HE'S INTO HER

SEASON TWO

MAXINE JJ

HE'S INTO HER Season 2

maxinejiji

Published: 2021
Source: https://www.wattpad.com

OceanofPDF.com

He's into Her Season 2

Hello, JIJIES!

You can now watch **HE'S INTO HER SERIES WORLDWIDE** for **FREE** on **iWANTTFC app**, starring **Belle Mariano** as Maxpein del Valle and **Donny Pangilinan** as Deib Lohr Enrile.

You may follow me on the following social media platforms:

Website: **www.maxinejiji.com**

Facebook: **www.facebook.com/maxinejijistories**

Facebook: **www.facebook.com/hesintoher**

Twitter: **www.twitter.com/maxinejiji**

Instagram: **www.instagram.com/maxinejiji**

Lyka: **maxinejiji**

Tiktok: **maxinelat**

Youtube: **www.youtube.com/maxinejiji**

You may also read my other stories for free here: **www.wattpad.com/maxinelat**

Thank you and stay safe!

- MAXINEJIJI <3

DISCLAIMER : This is a work of fiction. Names, characters, businesses, places, events and incidents are either the products of the author's imagination or used in a fictitious manner. Any resemblance to actual persons, living or dead, or actual events is purely coincidental.

© HESINTOHER.All Rights Reserved. Maxinejiji. 2013.

OceanofPDF.com

CHAPTER 95

DEIB'S POINT OF VIEW

HINDI ako makapaniwala sa mga narinig ko at sa mga nakikita ko ngayon. Parang sasabog ang utak ko kaiisip kung totoo ba ito o hindi. Ang puso ko ay animong mga kabayo na naghahabulan at napakatulin ng takbo. Bawat tibok ay may dalang sakit. Pagkalito. Tanong. Inis at galit.

Ang makalaya sa'kin... at sumama kay Dein.

Muling nagpaulit-ulit sa pandinig ko ang linyang iyon ni Taguro at gusto kong maiyak nang dahil doon. Napatitig ako sa nakakahabag na mukha niya.

Saan ka kumukuha ng lakas ng loob upang masambit ang lahat ng laman ng puso't isip mo, Taguro?

Hindi ko alam kung dapat ko pa bang sundin ang sinasabi ng isip ko na *wala* akong karapatan na kuwestiyonin sila sa sitwasiyong ito, dahil para sa akin ay damay na rin ako sa nangyayari.

Nanatiling tahimik ang lahat at pilit na nilululon ang sinabi ni Taguro, maikli iyon pero parang napakaraming ibig sabihin. Simpleng salita ang gamit pero parang napakalalalim. Mga salitang inusal lamang ngunit nakakapanakit ng damdamin. Hindi ko napigilan ang sarili kong mataman siyang pagmasdan habang nakakunot ang noo.

Ganyan ba talaga kasakit ang pinagdaanan mo, Taguro?

"P-Pein..." anas ni Randall sa tahimik na lumuluhang si Taguro. Halatang hindi makapaniwala si Randall sa mga narinig niya. Nakakapanlumong titigan si Taguro sa itsura niya, nakakahawa ang sakit ng kalooban na nararamdaman niya.

'Nasasaktan ako para sa kaniya at sigurado ako roon. Dahil ba sa naiintindihan ko siya? O dahil hindi ko alam na ganito pala ang pinagdaanan niya? Hindi ko alam. Ex niya ba si Randall? Bakit hindi nila ako sagotin?'

Gusto kong alamin ang lahat ay wala akong magawa, natutukso akong magtanong pero hindi ko alam kung para saan. Natatakot akong baka may

masabi silang hindi katanggap-tanggap sa puso ko. Ayaw kong makuwestiyon sa huli.

"Pein, please, tell me," muling pakiusap ni Randall.

"Hindi kita ipinaglaban dahil ipinaubaya kita," malungkot na tugon ni Taguro habang nakatingin sa mismong mga mata ni Randall. Parang dinurog na naman ng mga salitang iyon ang puso ko.

'Badtrip naman, oh! Ano ba 'tong nararamdaman kong ito? Para akong inu-uod! Magsaksak na lang kaya ako rito?! Tsk!'

"Bakit hindi mo sinabi sa'kin kung ganon?" tanong ni Randall kaya lalong nag-init ang ulo ko sa kaniya.

"Ano ba ang dapat kong sabihin?" tanong naman ni Taguro dahilan upang makuha niya na naman ang atensiyon ng lahat. Humupa na ang pag-iyak niya ngunit basa pa rin ng luha ang mga pisngi hanggang sa baba niya. Nakaalalay si Parrot sa kaniya at nananatiling masama ang tingin sa amin habang kami ng mga kaibigan ko ay parang mga inutil na nakamasid lang sa kanila.

"Na ginawa mo lang 'yun bilang regalo sa'kin at para matupad mo 'yung w-wish ko," huminga pa ng malalim si Randall at pilit pinigilan ang luha niya. **"Hindi mo kailangang gawin 'yon, Pein."**

'Tch! Stupid reasons! Wish--your face!'

Hindi siya sinagot agad ni Taguro, bahagya pa itong natawa dahil sa tingin ko, gaya ko ay hindi rin nito naintindihan ang sinabing iyon ni Randall.

"Hiniling mo 'yun, Randall, tapos ay tatanongin mo sa'kin kung bakit ko iyon ginawa? You're confusing me." bakas ang inis sa mukha ni Taguro, umiiling-iling pa ito halatang pilit itinatago ang inis niya sa kaharap. Hindi naman agad nakasagot si Randall sa kaniya. **"Kung sasabihin ko sa'yong, *'Randall, I'm going to do this to make your damn wishes come true.',* ano ang gagawin mo?"** mapaklang tanong niya pa. **"Kung sasabihin ko ba 'yan, sa tingin mo ay *hindi* mo na hihilingin sa'kin na palayain kita? Sa tingin mo ba ay ganon mo kabilis maiaalis si Dein sa buhay mo? I don't think so, because what I did back then was the easiest way I know para wala akong masaktang tao,"** seryoso pa ring aniya. **"Don't tell me that you're expecting something else?"** nakangising tanong niya pa. **"What do you expect me to do then? Maghalumpasay dahil nakipag-break ka sa'kin? Ang magwala dahil**

para sa'kin ay pangloloko iyong ginawa mo? Ang awayin si Dein dahil ipinagpalit mo ako sa kaniya sa hindi ko malaman na dahilan?"

"YES!" malakas na tugon ni Randall dahilan upang mapamaang si Taguro. **"Yes, I am expecting you to do that! All of that! Dahil iyon ang tama at dapat na gawin ng isang girlfriend!"** dagdag niya pa at pare-pareho kaming napamaang sa kaniya, lahat kami ay nalilito. Ang tigas ng mukha niya. **"Kung mahal mo ako at kung talagang importante sa'yo ang relasyon natin, dapat lang na ipaglaban mo ako. Naging masakit din sa'kin na pagkarinig na pagkarinig mo nung sinabi ko sa'yo ay umalis ka na lang bigla ng hindi man lang *nagtatanong* kung ano ba talaga ang dahilan kung bakit ko hiniling 'yon!"**

"Wow," namamangha kunyaring ani Taguro. **"Kasalanan ko na ngayon, ganon ba?"**

"Hindi iyan ang ibig kong sabihin, Pein."

"Kilala mo ako, hindi ba? Wala akong ibang ginusto kung hindi ang maging masaya ka at kuntento. Pero mukhang sumablay ako ro'n sa isa, hindi ako nakapagbigay ng dahilan para makuntento ka--"

"That is not true!" singhal ni Randall dahilan upang matigilan sa sinasabi si Taguro. **"Alam mo kung ano ang dahilan simula pa lang, sana ay sinabi mo sa'kin para nagawan ko ng paraan."**

"Randall, hindi kita maintindihan." pormal nang anas ni Taguro. **"Parang ang lumalabas ngayon sa pagkakaintindi ko ay humiling ka ng isang bagay at nung ibinigay ko iyon sa iyo ay kinukwestiyon mo na ako kung *bakit* ko ibinigay?"** nalilito talagang aniya. **"What the hell?"**

"Dahil karapatan kong malaman at obligasyon mong sabihin sa'kin na *ganiyan* pala ang nararamdaman mo! Kung ginawa mo lang 'yun para sa'kin--paano na ang nararamdaman mo? Alam mo bang buong akala ko ay wala kang pakialam sa'kin kaya ganon na lang kadali para sa'yong talikuran ako matapos kong humugot ng lakas ng loob para sabihin sa'yo kung ano man 'yung mga sinabi ko noon?!"

Natigilan si Taguro at napatitig sa kaniya, pilit na binabasa ang sinseridad sa mga mata niya. Kung ako ang tatanongin ay gusto ko ng hablotin ang mukha ni Randall at sunod sunod siyang sapakin pero kulang ang dahilan na meron ako. Hindi ko maintindihan ang mga pinagsasabi niya, paulit-ulit at hindi sapat na dahilan.

"Bakit ko pa sasabihin?" pormal na tanong ni Taguro.

"Para alam ko ang nararamdaman mo!" sigaw ni Randall at natawa naman si Taguro. Tumungo siya at tumingin sa paanan niya bago nag-angat muli ng tingin kay Randall.

"Hindi naman siguro ako bato para hindi makaramdam ng sakit, Randall. 'Matik nang dapat tumakbo *iyon* sa utak mo." tugon ni Taguro na tinuktok pa ang sariling sentido. **"Girlfriend mo ako, at hiniling mo sa'kin na hiwalayan ka ng *bigla bigla*, nang walang pinag-awayan, pinagtaluan o kahit na ano tapos,"** binitin niya ang sariling sinasabi at saka nakakalokong bumungisngis, batid kong naba-bad trip siya. **"Ano sa tingin mo ang mararamdaman ko? Natural lang naman siguro sa pakiramdam ko ang masaktan kung talagang alam mong mahal kita?"** tsaka siya muling sumeryoso. **"Kung bakit tayo ganito ngayon ay dahil parte ito ng kahilingan mong palayain kita kaya 'wag mo akong bigyan ng tanong na nakakaloko."**

"Hindi naman ganon ang ibig kong sabihin, Pein."

"P'wes, ganon ang dating sa'kin!" asik ni Taguro dahilan upang magitla si Randall. **"Nananahimik na ako tapos susugod ka rito at ganiyan ang pakikitungo mo? What the hell is wrong with you? Nakakagago ka naman yata masiyado?"**

"Because I want to know the truth! Just tell me everything. Please." nagmamakaawa na naman ang tono ni Randall.

Bumuntong-hininga si Taguro, senyales na nawawalan na siya ng pasensiya. **"Pinasasakit mo ang mga mata ko at pinag-iinit mo na ang ulo ko,"** seryosong anas niya pa. **"Kailangan ba talagang lahat ng bagay ay sinasabi pa sa'yo para malaman mo? Hindi ka na bata para kailangan pang subuan ng subuan para mabuhay. King inang 'yan."** bulong niya pa. **"Pumunta ka rito para lang pag-explain-in ako ng paulit-ulit? Hanggang ngayon ba naman ay ikaw pa rin ang masusunod?"**

"P-Pein?"

"Wala na akong dahilan para magpaliwanag pa o magkuwento, makinig ka man o hindi, wala na akong dahilan para magsalita pa sa harapan mo tungkol sa kung anong meron sa'tin *noon*."

"B-Bakit?"

"Dahil burado na ang lahat ng 'yon sa isip ko."

"Pein, alam kong hindi totoo 'yang sinasabi mo--kilala kita!"

"Kilala mo nga ba ako?" nakakaloko ang ngiting iginawad dito ni Taguro. **"O hindi mo talaga ako kilala kaya mo ginawa sa'kin 'yon?"**

"Alam kong alam mo ang dahilan kung bakit ko ginawa 'yon, Maxpein!" singhal ni Randall.

"What the hell?" sabad ni Noona, pero ako lang ang lumingon sa kaniya. Nanatiling nakatingin sina Taguro at Randall sa isa't isa. Alam kong nasasaktan siya pero hindi ko alam kung sino ba talaga sa kanila ang may kasalanan ng lahat.

"Dahil *ayaw* sa'kin ng Mommy mo?" nakangiti kunyaring tanong ni Taguro. **"Dahil anak ako sa *labas* ng pamilya ko at hindi ako karapat-dapat iharap sa mga nagyayamanang mga kamag-anak mo, iyon ba? Tss. Alam ko, alam ko lahat. Kaya nga hindi na ako naghabol, 'di ba? Isang hiling mo lang,"** pumitik pa siya sa ere. **"Ibinigay ko na. Kaya nga nagtataka ako kung bakit kailangang magkaganiyan ka pa, Randall? Bakit kailangan mo pang magtanong? Hindi ka naman siguro sing-inutil ng iniisip ko? Dahil ikaw mismo ang may gusto nito--ikaw ang humiling nito!"** bakas na ang galit sa kabuuan ni Taguro.

Hindi ko alam kung bakit pero na kay Taguro ang panig ko, kung gaano kalabo para sa'kin ang intindihin ang mga sinasabi ni Randall ay siya namang linaw para sa'kin ng mga sinasabi niya. Iba't ibang ekspresyon at emosyon ang nakikita ko ngayon kay Taguro at sa paraang iyon ay parang nararamdaman ko ang sakit na pinagdaanan niya.

'Hindi na ako magtataka kung bakit ganiyan ang ugali at mga ekspresiyon ng mukha niya.'

Ang tunay na kahulugan ng lungkot ay sa kaniya ko lang naiintindihan at nakikita. Ang tunay na pakiramdam ng sakit ay sa kaniya ko lang nararamdaman. Kakaiba. Malayong malayo siya ngayon sa Taguro na nakilala ko.

"Buong relasyon natin, Randall, hindi kailanman naging boto sa'kin ang Mommy mo at alam nating pareho 'yon. Pero kahit hindi siya pabor sa relasyon natin ay ipinagpatuloy natin dahil *mahal* natin ang isa't isa. Pero isang kidlat lang nung birthday mo ay nagbago na ang lahat." anas ni Taguro at hindi nakasagot si Randall.

'H-Hindi kaya.. mahal pa ni Randall si Taguro?'

Kusa akong natigilan nang dahil sa naisip ko.

'H-Hindi pwede!'

Nanlaki ang mga ko at lalong natigilan dahil sa naisip ko.

'A-Anong hindi pwede? P-Pwede! Pwede!'

"Pero, mahal mo ako, 'di ba?" muling anas ni Randall, umaasa ang tono ng pananalita niya. **"Oo, hiniling ko 'to, pero bakit ganoon na lang kadali sa'yo ang pagbigyan ako? Bakit hindi mo ako ipinaglaban--bakit wala kang ginawa? Kasi kung mahal mo talaga ako ay iyon ang unang bagay na gagawin mo at hindi 'yung ganiyan na ikaw pa ang kusang lumayo."**

"Hindi ako lumayo," tugon ni Taguro. **"Sadyang *iyon* ang naging kapalit ng mga sakripisyong ginawa ko para sa'yo."** dagdag niya at parang hinaplos na naman ang puso ko. Napayuko ako dahil pakiramdam ko ay mag-uunahan ang luha at sipon ko sa pagtulo!

'A-Ano ka ba, Deib? 'Wag ka ngang bading!'

"Oo, mahal kita pero hindi kita pag-aari," dagdag pa ni Taguro. **"May sarili kang kalayaan kaya wala akong karapatang angkinin ka kung kailan ko lang gusto. Hindi kita puwedeng pigilan dahil lang mahal kita at may nararamdaman ako sa iyo. At mas lalong hindi kita puwedeng sarilinin bilang akin dahil lang sa nasasaktan ako."** sa hindi maipaliwanag na dahilan ay may umusbong na paghanga sa dibdib ko para kay Taguro. Bawat katagang binibigkas niya ay tumatatak sa puso ko. Parang may sariling tainga at isip ang puso ko dahilan upang maintindihan niya ng todo ultimong emosyon ni Taguro. **"Hindi ako makasariling tao, Randall. Kung aalamin ko pa ang lahat ng dahilan ay baka mawala na ako sa sarili ko."** naluluha nang anas niya. **"Dahil hanggang ngayon, *iyon* ang pinakamasakit na bagay na naramdaman ko. Na kahit na anong tulog ko ay hindi mawala sa isip ko, hanggang sa pagbangon ko ay dala dala ko 'yung bigat sa dibdib ko dahil ang sakit. Ang sakit sakit."** pagdidiin niya pa.

D-Damn it! Ano ba 'tong nararamdaman ko!?

"Kung inaakala mong balewala ka sa 'kin ay nagkakamali ka. Mahalaga ka sa 'kin dahil mahal kita. Kailangan kita dahil mahal kita," dagdag pa ni Taguro. **"Hindi kita ipinaglaban dahil hindi ko alam kung para saan pa? Kung ipaglalaban kita sa kabila ng kagustuhan mo--sa huli ay pahihirapan lang kita."** naluluha na talagang aniya. **"Alam kong mahal mo si Dein dahil hindi mo ako magagawang saktan kung hindi. Hindi ka naman siguro tatagal sa kaniya ng halos dalawang taon kung hindi mo siya mahal, hindi ba?"**

"Eh, bakit sa'yo?!" biglang singit ni Noona sa pagitan nila dahilan upang lingunin siya ng mga ito. **"Tumagal siya sa'yo ng dalawang taon pero sigurado ka bang minahal ka niya? Siniguro niya ba sa'yong *mahal* ka nga niya?"**

"Hindi," tugon ni Taguro dahilan upang matigilan si Noona.

'Hindi? Bakit hindi? Hindi siya minahal ni Randall? Eh, bakit nagkakaganiyan pa 'yan ngayon? Lalo mong ginugulo ang isip ko, Taguro!'

"A-Anong hindi?" napapahiyang tanong ni Noona.

"Hindi niya *siniguro* sa'kin na mahal niya ako dahil *ipinaramdam* niya sa'kin na mahal niya ako," pagtatama ni Taguro. **"Bawat segundo, bawat minuto, bawat oras at bawat araw ay ipinaramdam niya sa'kin na *mahal* niya ako. Ni hindi ko nga naranasang tanongin ang sarili ko ng ganiyan, eh, dahil ako mismo ay alam ko na ang sagot."**

"Well, then let me tell you this, Maxpein, *ganiyan* din ang ipinaramdam sa'kin ni Randall! And look at me now? Tulad mo, linoko niya lang din ako! Wala tayong pinagkaiba!"

"May dalawang paraan ng pagmamahal, Dein. Isang *nagkukusa* at isang *natututunan*. Kusa akong minahal ni Randall, samantalang, natutunan ka lang niyang mahalin. At iyon ang *pinagkaiba* natin," mariing tugon ni Taguro dahilan upang matameme si Noona. Pasiring na inalis ni Taguro ang tingin kay Noona tsaka muling humarap kay Randall. **"Ang mali ko lang siguro ay masiyadong naging mataas ang kompiyansa kong nabago na kita pero hindi pa pala. Kung inaakala mo rin na naging madali para sa'kin ang lahat, nagkakamali ka. Wala akong pinagdaanan na naging madali para sa'kin. Araw-araw, pahirap ng pahirap ang pinagdaraanan ko dahil nadaragdagan 'yung sakit na nararamdaman ko. Oras-oras ay sumasagi ka sa isip ko dahilan upang tanongin ko ang sarili ko kung anu-ano nga ba ang mga bagay na pinaggagagawa ko para humantong tayo sa ganoon?"**

"P-Pein, I'm sorry," bulong ni Randall pero ngumiti lang si Taguro at nilingon si Noona. Pinasadahan ito ng tingin tsaka tumingin sa sarili.

"Doon ko sinimulang tingnan ang sarili ko. Maganda si Dein, heto lang ako," itinuro niya pa ang nangliliit na sarili. **"Mayaman si Dein, anak sa labas naman ako. May pera rin naman ako pero hindi nga lang talaga sing dami ng sa inyo. Masiyado akong malayo kung ikukumpara ko ang sarili ko sa kaniya, Randall, kaya maniwala ka sa'kin, naiintindihan kita. Huwag mo isiping naging madali para sa'kin ang**

isuko ang nararamdaman ko para sa'yo. Pero naisip kong mas magiging mahirap para sa'kin ang malaman na *hinihintay* mo lang akong isuko ang nararamdaman ko sa'yo." at doon tuluyang tumulo ang sunod sunod at malalaking patak ng luha ni Taguro.

"I-I'm so sorry."

Pakiramdam ko ay pinipiga ang puso ko, nilalamukos at saka tinatapakan. Napakasakit sa pakiramdam at sa paningin. Napakalakas ng epekto niyon sa'kin.

'Bakit kailangang makaramdam ako ng ganito? A-Ano ba ang nangyayari sa'kin?' muling tanong ko sa sarili. *'W-Wala lang 'yan, Deib, hindi ka lang kasi talaga sanay sa ganitong klase ng sitwasyon at hindi ka sanay ng nakikita si Taguro na ganiyan, dahil sanay ka ng wala siyang ekspresyon! 'Yun lang 'yon!'*

Ngunit natinag ako sa pagmumuni-muni ko nang lumakad si Randall papalapit kay Taguro ay yumakap dito! Sa hindi maipaliwanag na dahilan ay parang nasilaw ako. Hindi ko sila matagalang tingnan! Inis akong tumalikod at eksakto namang nagtama ang paningin namin ni Noona. Inis akong tumingin sa kaniya pero inilipat niya ang tingin kila Taguro. Biglang kumabog ang dibdib ko at nanlalaki ang mga mata ko nang makita ko ang nanlilisik na tingin ni Noona sa mga ito.

"Siya ba ang tinutukoy mo?" mahina ngunit galit na tanong ko kay Noona, agad siyang natigilan at napalingon sa'kin.

"D-Deib?"

"Siya ba?"

"Deib, please, don't do this--"

"Siya ba!?" malakas nang sigaw ko habang nakaturo kay Taguro. Nagulat si Noona sa'kin at halatang hindi inaasahan ang biglaang pagtatanong ko. Ramdam kong napatingin ang lahat sa'kin.

"Anong siya ba?" singit ni Randall sa pagitan namin pero hindi ko siya pinansin. Nanatili kay Noona ang paningin ko.

"Answer me, Noona, siya ba?" muling turo ko kay Taguro pero yumuko lang si Noona, ang nakakaawang itsura niya ay dumadagdag lang sa galit na nangingibabaw sa dibdib ko. Sa tingin ko ay alam ko na ang sagot pero kailangan ko ng kumpirmasyon. **"Sabihin mo sa'kin, Noona, siya ba 'yung tinutukoy mong kaisa-isang babae na pinagseselosan mo?"**

"YES!" nawawalan ng pag-asang tugon ni Noona.

"Damn it!" sigaw ko.

'Ang bobo mo, Deib! Ang bobo bobo mo! Napakabobo mo!'

"D-Deib, please?" pagmamakaawa ni Noona pero umiling ako at galit na tumitig sa kaniya.

"All this time, you knew her?" pigil ang galit na tanong ko. **"Kailan pa?"**

"Matagal na."

"At hindi mo man lang sinabi sa'kin?"

"Hindi mo kailangang magalit kung hindi ko sinabi sa'yo, Deib Lohr!"

"Pero pinagmukha mo akong tanga, Noona!"

"Sa anong paraan, Deib?" inis na tanong niya at inis akong napahimalos sa mukha ko.

"Kaya mo ba ako pinapalayo sa kaniya--dahil kilala mo siya? Ganon ba?"

"Oo!"

"Ha!" singhal ko, para akong mababaliw sa kumpirmasyon niya. Inaasahan ko na ang isasagot niya pero hindi ko inaasahan ang nararamdaman ko. **"This is crazy,"** bulong ko. **"Alam mo kung ano ang pinagdaanan ko kay Taguro at bukod kina Lee at Tob ay ikaw lang ang nakakaalam ng lahat! Kahit hindi ko sabihin sa'yo ay nakakarating sa'yo at inaalam mo ang bawat detalye sa mga nangyayari sa pagitan namin! Kaya pala ganoon na lang bigla ang reaksyon mo? Kaya pala ganiyan kayo kung magtitigan sa isa't isa at ang paraan ng pag-uusap niyo--dahil magkakilala kayo?"**

"Dein, wait!" awat sa'min ni Randall tsaka pilit akong iniharap sa kaniya. **"A-Anong ibig mong sabihin?"**

"Siya," turo ko kay Taguro. **"Siya ang kaaway ko. Siya ang *Taguro* na tinutukoy ko. Siya si Taguro na hindi ko akalaing *ex-girlfriend* mo,"** pagdidiin ko at pakiramdam ko ay mawawala na ako sa sarili ko. Hindi ko na alam ang mga pinagsasasabi ko.

"Oh my God," hindi makapaniwalang anas ni Kim. Natakpan niya ang sariling bibig at nagpalipat-lipat ng tingin kay Taguro at Randall. Paniguradong gaya ko ay alam niya nang mag-ex ang mga ito pero nais niya rin ng kumpiramasyon.

Bakas sa mukha ni Randall ang pagkagulat ngunit animong iprinoproseso pa sa utak niya ang nalaman. Ang kaninang nakakaawang itsura niya ay

napalitan ng pagtataka at naguguluhan. Itsurang naghahanap ng sagot at gaya ko ay itsurang hindi makapaniwala sa mga narinig niya.

"Ibig mong sabihin," anas ni Randall. **"Dein?"** baling niya rito at nagsimula naman itong umiyak. **"Alam mo nang nandito si Pein?"** tanong niya at tumango naman si Noona. **"At hindi mo sinabi sa'kin?"**

"H-Hon?" tanging anas ni Noona.

"All this time, alam mong ang tinutukoy ng kapatid mong *Taguro* ay si Maxpein?"

"Yes."

Doon ko lang napagkone-konekta ang lahat. Magkakilala sina Noona at Taguro. Hindi alam ni Randall na alam ni Noona na nakabalik na rito si Taguro. Parang huminto ang paghinga ko nang titigan ni Randall si Noona. Pakiramdam ko ay wala siyang pinagkaiba kay Kim, na sa kagustohang huwag mawala si Randall ay nagawang magsinungaling. Napahilamos si Randall sa mukha niya at halatang hindi malaman ang gagawin.

"And you didn't bother to tell me?" galit na singhal ni Randall. **"Dein, why didn't you tell me?"**

"Hon, I'm sorry!"

"Sorry? Magso-sorry ka dahil ngayon ay alam ko na? Kung kailan mas pinili mo nang maglihim sa'kin? Damn it, Dein!"

"Pero kasi--"

"No!" pigil ni Randall kay Noona na dinuro pa siya sa mukha. **"Don't you dare give me such stupid reasons, Dein Leigh!"**

"Pero, Randall--"

"Shut up!"

"Eh, bakit ba nagagalit ka sa'kin?" singhal na ni Noona sa kaniya. Hindi sumagot si Randall ngunit nanatili itong galit na nakamasid sa kaniya.

Bumuntong-hininga pa si Randall bago nagsalita. **"Dahil hindi mo sinabi sa'kin na alam mong nandito si Pein!"**

"Do I really have to tell you?!" namamanghang tanong ni Noona. **"What for, huh? What for?"**

"Because I *need* to know, Dein! I have to know! I must know! I have the rights to know!" tiim-bagang na sigaw ni Randall. **"Mahirap bang gawin 'yon? Mahirap ba sabihing alam mo na nandito si Pein o nakita mo si Pein?"**

"At inaasahan mong sa'kin pa talaga manggagaling ang impormasiyon na nandito na nga siya? Ano ang akala mo sa'kin? Martir?"

"Anong ikina-martir mo ro'n, Dein? Sasabihin mo lang sa'kin na nandito si Pein--*martir* ka na? Anong klaseng dahilan 'yan?"

"Alam mo kung ano ang pinagdaanan naming dalawa!"

"Of course!" sigaw na naman ni Randall. **"Of course, I know, Dein! Dahil kung meron man ang nakakaalam dito tungkol sa pinagdaanan niyo--*ako* lang 'yon! Paano ko makakalimutang kung hindi dahil *sa akin* ay hindi niyo pagdadaanan *iyon* pareho? Kaya 'wag mo sabihin sa'kin na dahil lang doon kaya hindi mo sinabi sa'kin, dahil hindi ko 'yan maiintindihan, Dein!"**

"Eh, di sana ay alam mo rin na masasaktan ako kapag sa'kin mismo nanggaling na nandito na siya? Iniisip mo ba ang nararamdaman ko, ha? Sa tingin mo ba ay hindi ako masasaktan kung paglalapitin ko uli kayong dalawa?"

"Kung meron man sa inyo ang dapat na masaktan, *siya* 'yon, Dein." turo ni Randall kay Taguro.

"You're crazy," anas ni Noona, mabilis na nangilid ang mga luha niya. **"May damdamin din ako, Randall."**

"Mahal kita, Dein, pero alam mo kung ano ang nararamdaman ko kapag si Maxpein na ang pinag-uusapan. Hindi mo kailangang magsinungaling sa'kin."

"Hindi ako kailanman nagsinungaling, Randall! Not telling the truth doesn't always mean that you're lying! Hindi ko lang sinabi sa'yo 'yung nalalaman ko pero hindi ibig sabihin nun ay nagsinungaling na ako!"

"Yeah, right!"

"May karapatan akong magdesisyon para sa sarili ko at ang desisyon ko ay ang hindi sabihin sa'yong alam ko na nakabalik na siya mula sa Korea--na alam kong siya at ang kaaway ni Deib ay iisa!"

"Pero ang karapatan kong malaman ang totoo, naisip mo ba?" seryosong anas ni Randall at sandaling natigilan si Noona.

"Maaaring hindi, pero alam kong *kailangan* kong maglihim sa'yo dahil alam kong mangyayari ito!"

"At hindi magiging ganito kagulo kung *sana* ay hindi mo pinangunahan ang lahat, Dein. Sana kahit isang beses ay natuto ka rin

na isantabi iyang nararamdaman mo at magparaya," singhal ni Randall at pare-pareho kaming natigilan.

"I don't get it." natatawa kunyaring anas ni Noona. **"Magparaya? Ha! Bakit ba kailangang ganiyan mo ako dahil lang sa hindi ko sinabi sa'yo ang nalalaman ko? Ganoon ka na ba talaga ka-*sabik* na makita siya para ganituhin mo ako sa harap ng iba? Ako pa rin ang girlfriend mo, Randall! God!"**

"'Wag mong ibahin ang usapan, Dein, ang punto ko ay may karapatan akong malaman na alam mong nandito na siya!"

"Why the hell do you have to blame everything to me?" garalgal ang boses na singhal ni Noona. **"Alam kong nagagalit ka dahil naglihim ako pero bakit kailangan mo akong ipahiya ng ganito sa hirap ng ibang tao kung puwede mo naman akong kausapin mag-isa! Randall, *ako* ang girlfriend mo!"** pagdidiin ni Noona.

"Exactly," pormal na anas ni Randall. **"Ikaw ang girlfriend ko at inaasahan kong ikaw ang unang makakaintindi. Hindi mo na kailangang maglihim sa'kin dahil mas magugustohan ko kapag nagsabi ka ng totoo."**

"So, you're choosing her over me?" pigil ang galit na tanong ni Noona. **"Is that what you're trying to say here?"** gigil pang dagdag niya.

"Walang nagsabing kailangan kong pumili sa inyong dalawa dahil masasaktan ka lang."

"What do you mean?" anas ni Noona. **"Dahil pipiliin mo siya, ganon ba? Pipiliin mo siya?"** naghahamong tanong niya, tumango si Randall at nasapo ni Noona ang sariling noo. **"Damn, I can't believe this!"**

"That's how important she is to me, Dein, she's very important."

'Ang gulo gulo na! Badtrip!'

"What the hell?! She's your ex!"

"Kahit na ex ko siya--hindi mo maiaalis sa pagkatao ko na mahalaga siya sa'kin, Dein! Alam kong alam mo 'yun kaya hindi ko na kailangang paulit-ulitin!" malakas na singhal ni Randall dahilan upang matigilan si Noona.

"Ito na ba 'yung karma ko, Randall? Ito na ba 'yung kapalit nung sandaling kaligayahang ibinigay mo sa'kin?"

Liningon ko si Taguro at parang pinipiga ang puso ko nang makita ko siyang bumalik sa dating ekspresyon ng mukha niyang blangko pero

malungkot ang mga mata. Kuyom ang mga kamao niya at nakatingin sa kung saan.

"Alam mo rin naman na gustong gusto siyang makita ni Daddy, Dein."

"So you're blaming me?"

"I am not blaming you, Dein, no one's blaming you. Pero kung sinabi mo sa'kin ng mas maaga, eh, di sana ay nagkita pa sila? He's dead already. Paano pa sila magkikita?"

"Wow. Dumating lang si Pein, na-etsapuwera na ako? Nagtitiis lang din ako sa'yo, Randall, pero ilang araw ka nang sumusobra! Alam mo ba kung ano ang pakiramdam ko habang nagmumukha akong tanga na walang magawa sa'yo nung burol at libing ni Tito?" umiiyak na sumbat ni Noona. **"Akala mo ba ay nakalimutan ko na kung paano mo akong pinagmukhang katawa-tawa sa harap nung mga taong alam na ako ang girlfriend mo at ex mo siya? Iilan lang ba ro'n ang hindi nakakaalam kung ano si Pein sa'yo?"**

"Please, 'wag mong ikumpara ang sarili mo sa kaniya dahil alam mong magkaiba ang tingin ko sa inyo. Hindi mo na kailangan pang gawan ng isyu ang tungkol sa burol at libing ni Daddy, Dein. Hindi pa rin sapat 'yan para hindi mo sabihin sa'king alam mong nandito na siya. Paikot-ikot na tayo rito, Dein, 'wag mong ibahin ang usapan. Ang gusto ko lang malaman ay kung bakit hindi mo sinabi sa'king nandito na siya?"

"Dahil kung gusto niyang magpakita sa'yo ay magkukusa siya, Randall, kaya huwag kang tanga!" singhal ni Noona at natigilan naman si Randall. **"Kung gusto ka niyang makita--sa tingin mo ay makakapaglihim pa ako? Hindi! Kung talagang willing siyang makipagkita--ikaw ang unang taong makakaalam niyon! Kaya 'wag mo akong pagsalitaan na parang ako lang ang nagkamali rito!"**

"Sino ba ang ginagago mo? Ako o ang sarili mo?" galit na ring tanong ni Randall. **"Ang sabihin mo ay natatakot ka lang dahil baka--"**

~PAAAK!~

Sinampal ni Noona si Randall! Paulit-ulit niya itong sinampal.

"Dein," lumapit si Lee upang awatin ito. **"Tama na. Hindi ito maaayos kung hindi kayo pare-parehong mag-uusap ng matino. Tama na, umuwi na tayo."** pakiusap pa niya pero nagkumawala si Noona at muling

sinapal si Randall. Napahawak naman ito sa sariling pisngi at galit na tumingin sa kaniya.

"Ang kapal ng mukha mong pagsalitaan ako ng ganiyan sa harap ng ex mong ikaw rin naman ang nang-iwan? Kung ginagago ko ang sarili ko ay mas ginagago mo ang sarili mo! Mangloloko ka!" sigaw ni Noona, namumula na siya sa galit habang umiiyak pa. Pilit pa rin siyang inaawat ni Lee sa paglapit kay Randall. **"Iyong mga binibigay mong dahilan ngayon ay nakakatanga rin at masakit para sa'kin na mas naiintindihan ko si Pein kaysa sa iyo!"**

"Stop talking like you know everything, Dein."

"Then tell me everything!" hamon ni Noona pero tumitig lang sa kaniya si Randall. **"Ang sama sama mo, Randall, sarili mo lang ang iniisip mo. Tatlong babae?"** anas niya pa na nilingon si Taguro at Kim. **"Kaming tatlo ang ginago mo ng ganon ganon lang tapos inaasahan mong ikaw pa rin ang *tama*sa huli? Gago ka!"** dinuro niya pa ito sa mukha. **"Ikaw ang huwag umastang alam mo ang lahat dahil isa ka lang magaling na mangloloko! Napakagaling mong maglaro at magpaikot ng nararamdaman!"** sigaw niya tsaka muling lumapit kay Randall at sunod sunod na sinampal ito na tinanggap lang ng kaharap. **"May karapatan si Pein na ipaglaban ka, 'di ba? Puwes, may karapatan akong isumbat sa'yo ang mga panggagago mo sa'kin!"**

"Dein, enough!" saway ni Lee.

"Ano ba, Lee! Bitiwan mo nga ako! Bitiwan mo 'ko!" palag ni Noona. **"Ang intindihin mo ay iyang pinsan mo at huwag ako!"**

"Noona!" saway ko sa kaniya.

"Isa ka pa!" sigaw rin nito sa'kin, napanguso naman ako at nagtatanong sa sarili kung bakit pati ako. **"Magsama-sama kayong lahat! Lahat kayo ay magpakaloko riyan sa babaeng 'yan!"** duro niya kay Taguro tsaka mabilis kaming tinalikuran.

"Noona!" sigaw ko pero hindi niya ako pinansin. **"Damn it!"**

"Sundan mo siya," ani Taguro dahilan upang lingunin ko ito, pero kay Randall siya nakatingin.

"Pero Pein..."

"Pare-pareho lang tayong may mali rito. Ayusin mo muna 'yung sa inyo, tsaka na tayo mag-usap."

"No, I'll stay here. I want to stay here."

"But I don't need you here."

"Pein, please, let's talk? I really want to talk to you," pagmamakaawa pa rin ni Randall.

"Masiyado ng magulo ang isip ko at hindi ko alam kung maiintindihan ko pa ang mga sasabihin mo, magpapalamig na muna siguro ako. Sa susunod na lang tayo mag-usap," tugon ni Taguro at akmang tatalikod na pero pinigilan siya ni Randall. **"'Wag muna ako ang kausapin mo dahil mas malaking problema ang dapat mong intindihin. Sundan mo na siya."**

"Tsk!" asik ni Randall tsaka tumitig sa mga mata ni Taguro bago tuluyang tinalikuran ito upang humabol kay Noona. **"Dein! Dein! Wait! Dein! Honey!"**

Hindi ko inalis ang tingin ko kay Taguro bagaman nakatingin siya kay Randall na sumusunod naman kay Noona, nakikita ko na naman kung gaano kasakit sa kaniya ang makitang naiwan na naman siya.

"Damn it," bulong ni Tob dahilan upang lingunin ko ito, nakatingin siya kay Taguro. **"Masiyado kang naging misteryosa sa aming lahat, Max. Kung meron pa kaming dapat malaman sa'yo baka puwedeng sabihin mo na ngayon? Ang sakit na sa ulo, eh!"** pilit niyang biro pero tiningnan lang siya nito.

Nilingon ni Taguro si Kim na nag-angat naman ng tingin sa kaniya. **"Ikaw? May gusto ka bang sabihin? Kasi kung wala ay pwede ka na ring umalis."** pero sinamaan lang siya ng tingin ni Kim. **"Tss, 'wag mo akong tingnan ng masama dahil hindi kita papatulan ngayon."** walang-ganang dagdag niya.

"Umuwi ka na, Kim." sabad ko. **"Tob, ihatid niyo na si Kim."**

"H-Ha? Eh, paano ka, Deib?" tanong ni Kim kaya nainis ako.

"Anong paano ako?"

"H-Hindi ka pa ba uuwi?"

"Uuwi ako kung kailan ko gusto! Umuwi ka na!"

"Deib," saway sa'kin ni Lee.

Napabuntong-hininga naman ako. **"Sige na, ihatid niyo na siya."** baling ko kay Tob. **"Mag-iingat kayo, i-text niyo na lang ako kapag nakauwi na kayo."**

"Una na kami, Max, Naih." paalam ni Tob.

"Ingat." tanging tugon ni Parrot tsaka namin sabay sabay na tinanaw ang pag-alis nila.

Nang tuluyang makaalis ang sasakyan ng mga ito ay tsaka ako bumaling paharap kay Taguro pero tanging mukha na lang ni Parrot ang nasa harapan ko! Napakasama ng tingin niya na animong sasakalin ako!

"Eh, ikaw?" tanong niya pa sa'kin. **"Ganiyan ka na lang?"**

"Nasaan na si Taguro?"

"Pumasok na!"

"Ano?! Eh, bakit hindi niya ako hinintay?" inis na tanong ko at natigilan naman siya.

"At bakit ka niya hihintayin?" sarkastikong tugon niya. **"At si Taguro pa talaga ang maghihintay sa'yo? Bwahahahaha!"** malakas at nakakalokong tawa niya pa. **"Stop me! Ulol!"** singhal niya tsaka tinalikuran ako!

"H-Hoy! Parrot! Hintayin mo ko!" habol ko.

MAX'S POINT OF VIEW

Gusto kong pasalamatan si Lee dahil nagawa niyang tapusin ang makabagbag-damdaming kumprontahang iyon, pakiramdam ko ay pagod na pagod ako. Hindi ko na nagawang hintayin pa si Naih, nagpaumuna na akong pumasok pabalik sa TB at sinalubong naman agad ako nina Barb at Jep.

"Kaloka! Ano? Tapos na ba ang teleseryo ninyo?" sarkastikong anas ni Barb.

"Abangan daw bukas." biro ni Jep. **"Ang bibigat ng mga lines, ah? Talagang may pinaghuhugutan! Tsk tsk tsk!"**

"And best actress goes to, Maksimo Baldo also known as Maxpein del Valle!" anas ni Barb at sabay silang pumalakpak at nagtawanan. **"Salamat sa teleserye ninyo--nalugi ako ng isang gabi! Psh! Aba'y natakot ang mga customers sa inyo!"**

"Bakit?" takang tanong ko.

"Dahil bigatin daw 'yung mga naghuhuntahan sa labas at takot daw silang madamay," tugon ni Jep.

"Hoy, bakla!" biglang lumapit si Beka. **"Eh, di ang ganda ganda mo na naman?!"**

"Diyosa kamo!" sabad ni Boy. **"Ikaw ba naman ang pag-awayan? Biruin mo? Iyong gwapong iyon ng Randall--najowa jowa mo ng ganiyan? Nakakaloka ka!"**

Hindi ko na sila nagawang sagotin dahil naagaw ang atensiyon ko sa pagpasok ni Naih, kasunod si Sensui.

'Anong ginagawa pa niyan dito?'

"Oh my God, mukhang nagbabalikan ang customers!" ani Beka. **"Tara, maglabas ng kanin! Dali!"**

"Huminahon kayo, mga bakla. Tumiklop muna tayo," awat ni Barb. **"Baka sa nangyaring engkwentro nila kanina ay manapak ng bakla ang guwapong iyan."**

Nang tuluyang makalapit sa'min iyong dalawa ay dumeretso si Sensui at tumayo sa harapan ko mismo. Salubong na salubong ang mga kilay niya at tinititigan ako ng masama sa mga mata.

'Ano na naman kaya iyan?'

Inis lang akong nag-iwas ng tingin.

"Bakit hindi mo sinabi sa'kin na kilala mo pala ang kapatid ko?!" asik ni Sensui, hindi ako sumagot, manapa'y inihilig ko ang batok ko sa couch na kinasasandalan ko.

"'Oy, Sensui," saway sa kaniya ni Naih. **"Kung gagawa ka rito ng sarili mong eksena dahil hindi ka masiyadong nakasingit kanina ay tigilan mo na! Magsasara na kami!"**

Pero nanatili itong nakatingin sa'kin. **"Bakit hindi mo sinabi sa'kin na kilala mo ang kapatid ko?!"**

"Dahil hindi ko naman alam na kailangan ko palang sabihin sa'yo," tugon ko at mas kumunot naman ang noo niya.

"Kaya ba kayo nagkatinginan no'ng araw na sugurin ka namin sa field--dahil magkakilala kayo?!"

"Tss. Hindi ka pa ba naman nakuntento ro'n sa mga narinig mo kanina at umuungot ka pa?"

"Bakit kasi hindi mo sinabi sa'kin!"

"Eh, ano naman ang mapapala ko kung sasabihin ko sa'yo?"

Sandali siyang natigilan. **"E-Eh..."** anas niya pa at halatang hindi malaman ang isasagot niya. **"D-Dahil gusto ko lang! Oo! Gusto ko lang na alam ko!"**

"Patawa ka rin, eh, 'no?" sarkastikong tugon ko kaya mas natigilan siya. **"Alam mo ang mga linya ko kaya hindi ko na kailangang paulit-ulitin pa ang mga iyon sa'yo."**

"Gusto kong marinig mismo galing sa iyo!"

"Tss, maiinsulto ka lang kung sa'kin mo pa mismo maririnig ang sagot d'yan sa mga nakakalokong tanong mo, Sensui."

"Ang yabang yabang mo, Taguro!"

"Saan naman ako naging mayabang?" mahinahong tanong ko sa kabila ng paninigaw niya. **"Ang hirap sa'yo, lahat ng ginagawa ko ay puro lang kayabangan ang dating sa'yo."**

"Bakit kasi hindi mo na lang sabihin--kung puwede mo namang sabihin! Tulad niyan! Napakarami mo pang pasikot-sikot--hindi mo na lang kasi deretsohin!"

"Kung gusto kong sabihin sa'yo ay hindi mo na kailangang magtanong ngayon. Wala kang magagawa kung ayaw kong sabihin dahil hindi naman kailangang lahat ay alam mo. Kung iyong kapatid mo nga ay hindi nagawang sabihin sa'yo--ako pa kayang kaaway mo? 'Wag mo akong bad trip-in, pakiusap lang, hindi pa umaayos ang daloy ng dugo ko, nag-uumpisa ka na naman."

"S-Sorry," napapahiyang tugon niya. **"P-Pero teka... kilala mo ang kapatid ko, bakit ako ay hindi mo kilala?"**

"Malay ko."

"Anong malay mo?"

"Hindi ko alam."

"Bakit hindi mo alam?!" galit pang tanong niya at gusto ko namang matawa.

'Kakaiba ang katangahan ng isang ito. Mas malala pa sa severe. Tsk tsk.'

"Kailangan bang lahat ay alam ko?" sarkastikong tanong ko at napapikit naman siya sa inis.

"Peste! Kahit kailan ay wala kang kuwentang kausap!"

"Hindi porket kilala ko siya, dapat ay kilala na rin kita. Hindi lahat ng tao ay pinag-iinteresan ko, Sensui."

"Badtrip! Halos lahat sila ay kilala ka! Parang kami lang nina Kim, Lee at Tob ang hindi nakakakilala sa'yo, ah!"

"Karamihan sa BIS ay hindi ako kilala, puwede mo rin silang ibilang sa inyo."

"Imposible iyon--kilala ka dahil Moon ka!"

"Del Valle ako," nakangiting tugon ko at napamaang naman siya.

"O-Oo nga pala," napapahiyang aniya

Inis akong iniiwas ang paningin ko at nahagip ng paningin ko ang nanunuksong ngiti at tingin ng mga kasama kong bakla.

"Girls, iwan na muna natin iyang dalawang iyan diyan," ani Beka. **"Feel nilang mag-debate, bakit ba?"**

"Masarap iinom iyan!" nanunukso ang tingin na ani Boy.

"Ay, true!" sang-ayon naman ni Barb.

"Sali ako!" ani Naih pero tinakpan ni Jep ang bibig niya.

"Napakaraming hugasin, Zarnaih." makahulugang ani Jep tsaka hinila ito papalayo sa'min. **"Hahatiran na lang namin kayo ng maiinom d'yan."**

"Oo nga," sang-ayon uli ni Barb. **"Tutal, hindi ka naman nakapagbayad niyong mamahaling drinks noong nakaraan--dahil kaibigan mo ang nagbayad, ngayon ka gumastos. *Enjoy* your stay,"** nanunukso ang tingin at tonong aniya pa tsaka tuluyang naglaho sa harapan namin.

Tiningala ko si Sensui at bahagya na naman itong napatalon nang dahil doon. **"U-Uupo ako, ah?"** paalam niya pa.

'Eh, di maupo ka. Tss.'

Hindi na ako nagsalita at nanatili akong nakapandekuwatro habang magkakrus ang mga braso. Muli kong inihilig ang batok ko sa couch tsaka tumitig sa kisame. Napakasarap sa pakiramdam niyon.

"So, bakit hindi mo sinabi?" muling tanong niya at bumagsak ang mga balikat ko sa panlulumo. **"Siguro naman ay dapat lang na malaman kong magkakilala kayo ni Dein dahil kapatid ko siya?"**

'Ang kulit, grabe. Tsk. Bakit ba kasi hindi na lang siya umuwi?'

"Tss."

"Puwede bang kausapin mo naman ako ng matino?!" singhal niya na naman. **"Nakakabadtrip ka, eh! Gusto ko lang masagot ang lahat ng tanong ko kaya kausapin mo ako ng matino, pakiusap!"**

"Eh, di magtanong ka rin ng matino at 'wag kang sumigaw."

"Ang tagal mo kasing sumagot! May pa-*Tss*-*Tss* ka pa! Peste! Nakakabadtrip!"

"Dahil paulit-ulit lang ang tanong mo. Sinagot ko na iyan kanina at inulit mo na naman ngayon, kahit kailan ay slow ka."

"A-Anong slow!? Hoy! Hindi ako slow! Wala ka lang talagang kuwentang kausap!"

"Eh, di kwits lang, wala ka rin namang kuwentang kausap." malumanay pa ring tugon ko habang nakatingala sa kisame.

Sandali siyang natahimik hanggang sa marinig ko ang buntong-hininga niya. **"Look, hindi tayo magkakasundo kung ganito tayo, Taguro. Hindi natin kailangang magsigawan sa totoo lang, dahil napakalapit natin, oh?"** aniya at doon ko naiangat ang paningin ko't inis na tumingin sa

kaniya. **"Nakikita mo ba? Ang lapit lapit natin sa isa't isa, 'di ba?"** pangungumbinsi niya pa. **"Hindi natin kailangang magsigawan, Taguro. At isa pa, kailangan nating magkaisa."**

'Matindi ang sapak ng isang 'to.'

"Magkaisa ba 'kamo?" sarkastikong tanong ko.

"Oo."

"King inang 'yan," natatawang bulong ko. **"Gaguhan 'to."** dagdag ko tsaka ako tumayo at akmang maglalakad na papalayo pero pinigilan niya ako at*hinawakan* sa kamay ko.

Malamang ay natigilan ako at dahan dahan kong naibaba ang paningin ko sa kamay niyang nakahawak sa kamay ko. Tsaka ko siya tiningnan at kitang kita kong nagulat din siya sa sariling iniasta.

"S-Sorry," napapahiyang aniya pa matapos bawiin ang kamay niya.

"Tss," gusto kong matawa. **"Iwas iwasan mo iyang ganiyan at baka makasanayan mo, loko."** ngingisi-ngising dagdag ko.

"H-Hoy! Hoy!" utal-utal nang sigaw niya. **"Ang tigas ng mukha mong sabihin sa'kin 'yan! Anong feeling mo?"** singhal niya tsaka tumayo dahilan upang magpantay ang paningin namin.

Masiyado kaming malapit sa isa't isa na siya ring ikinagulat niya. Natulala siya at kitang kita ko ang sunod sunod na paglunok niya. Gusto kong matawa pero dahil wala ako sa mood ay nginisian ko na lang siya dahilan upang mas matameme siya habang nanlalaki pa ang mga butas ng ilong niya.

"M-Maupo ka na lang kasi!" aniya tsaka marahan akong itinulak paupo sa couch.

"Humawak pa, hanep," bulong ko tsaka pinagpag ang parte ng damit kong hinawakan niya.

"Ang tigas ng mukha mo, Taguro!"

"Siya, siya, maupo ka na rin. Masiyado kang maingay. 'Wag kang pikon, para ka hindi nahahalata."

"Hoy! 'Wag kang assuming!"

"Okay," seryoso ng tugon ko. **"Maupo ka na bago pa 'ko mainis sa'yo."**

"Tch! Ang taas din naman ng pangarap mo, eh, 'no? Ako pa? Ha! Ang isang Deib Lohr Enrile? Patawa ka!"

Pinanood ko siyang makaupo tsaka ako bumuntong-hininga at nagsalita. **"Hindi ko sinabi sa'yong kilala ko ang kapatid mo dahil alam kong**

ayaw niya ring ipaalam," pinangunahan ko na siya.

"Bakit?"

"Ewan ko, bakit hindi siya ang tanongin mo?"

"Tch! Alam kong hindi niya sasabihin!"

"Eh, di ngayon mo tanongin. Sasabihin niya na 'yon dahil alam mo na rin naman ang lahat. 'Wag mo akong tanongin ng tungkol sa kapatid mo dahil wala rin akong pakialam sa kaniya."

"Nakakayamot! Badtrip! Nababadtrip ako sa'yo!" aniya at kumunot naman ang noo ko. Hindi ko na siya pinansin at nilingon ko na lang iyong mangilan-ngilang customers sa 'di kalayuan, nag-iinuman ang mga ito. **"Tama si Tob, eh! Masiyado kang naging misteryosa--hindi ka naman maganda! Tch! Tapos ngayon, malalaman kong konektado ka sa buhay namin?"**

"Konektado? Anong koneksiyon ko sa inyo?"

"Tch! Bakit, hindi ba? Ex-girlfriend ka ng boyfriend ngayon ng kapatid ko! Tropa na rin kung iturin namin si Randall! Si Kim na naging kabit din ni Randall ay nakaaway mo at niligawan ko! Napakaraming koneksiyon, Taguro!"

"Pero hindi mo pa rin kailangang sumigaw, Sensui, kaharap lang kita," sarkastikong tugon ko. Gusto kong matawa sa terminong ginamit niya para kay Kim. *Kabit.* **"Kay Randall lang ako may koneksyon. Bukod sa kaniya ay wala na. Kaya 'wag mong isali ang sarili mo."**

"A-Ano? Sino naman ang may sabi sa'yong isinasali ko ang sarili ko? Tch! Kahit saang anggulo mo tingnan ay konektado tayo!"

"Okay."

"Pero hindi mo pa rin sinabi sa'kin na kilala mo ang kapatid ko!"

"Hindi ko ugaling magkuwento sa tao lalo na kung hindi naman sila nagtatanong."

"Paano kita tatanongin? Eh, hindi ko nga alam na magkakilala kayo!"

"Malay ko rin ba na interesado kang malaman?"

"Tch! Ang sabihin mo, sa sobrang *kayabangan* mo ay gusto mo talagang magpakamisteryosa sa paningin ng mga tao! Gustong gusto mo iyong magugulat na lang sila na si ganito at si ganiyan ka pala! Kasi nga *mayabang* ka, Taguro! MAYABANG ka!" malakas at madiing aniya pa.

'Grabe, hindi ko akalaing may ganitong klase ng lalaki. Para siyang sirang plaka. Paulit-ulit at nakakarindi na.'

"Mayabang ako o interesado ka lang talaga sa pagkatao ko?" deretsong tanong ko at nanlaki naman agad ang mga mata niya.

'OA pa, tsk tsk.'

"A-Anong sabi mo?! Hoy, Taguro! Hindi ka maganda at mas lalong hindi ka sexy!"

"Hep! Hep!" biglang sumulpot sa tagiliran namin si Barb, kasunod niya si Jep. **"Taympers! Taympers!"**

"Letse, naturingan kayong magkaharap--kung magsigawan kayo ay daig niyo pa mga naka-megaphone. Dinig na dinig naman ang sigawan niyo." ani Jep.

"EH, DI 'WAG KAYONG MAKINIG!" sabay naming singhal ni Sensui dahilan upang magkatinginan kami at matigilan naman iyong dalawang bakla.

'Tss. Nagkataon lang 'yan, imposibleng pareho kami ng takbo ng isip dahil lugi ako sa kaniya. Slow 'yan, eh.'

"Ay, ganon?" nakahawak sa dibdib na anas ni Barb. **"Ang cute niyo. Haha."**

"Umalis na nga kayo, mga bakla." inis na saway ko.

"Sus! Maka-arte naman 'tong alaga ko. MATABA!"

"BWAHAHAHAHAHAHA!" malakas na tawa ni Sensui na sinabayan ni Jep.

"Bakla," bulong ko pa.

"Tse! Namayat lang--feeling bente na ang baywang? D'yan na nga kayo!"

"Oh, kung meron pang kailangan ay pumindot lang sa button, ah? *Enjoy*." nakakalokong anas naman ni Jep tsaka nila kami nilubayan.

"Hahaha! Astig ka rin, eh, 'no?" maya-maya'y anas ni Sensui.

Taka naman akong nilingon siya. **"Bakit?"**

"Kanina lang kung umiyak ka ay para kang bata na hindi mabilhan ng cotton candy, tapos ngayon, hahaha! Bumalik ka sa pagiging abnoy mo!" aniya at nag-iwas naman ako ng tingin. **"Pero, bilib ako riyan, bilib ako sa ganiyang personalidad mo, Taguro. Haha!"**

"Wala akong pakialam, Sensui." bulong ko.

"Tch! Wala ka talagang kwentang kausap!" sigaw na naman niya at natigilan ako.

'Bulong na nga--narinig pa? Hanep.'

Ilang saglit pa'y nagsalin siya ng inumin sa baso naming dalawa tsaka iniabot sa'kin ang isa. **"Let's have a drink!"** aniya at hindi pa nakuntento... **"Toast?"** alok niya pa. **"Tch, sinong mag-aakalang 'yung taong pinag-trip-an ko ay magpapasabog ng ganitong kalaki sa buhay ko?"** tanong niya habang nakatingin sa baso niya, nilingon ko naman siya. Nakapandekuwatro rin siyang pangbabae habang nakatuon ang kanang siko sa sandalan ng couch habang ang isang kamay ay nakatuon sa tuhod niya.

"Kung hindi ka interesado sa'kin ay hindi magiging *pasabog* sa'yo 'yon."

"Ang kapal talaga."

"Tss, in denial ka kasi."

"A-Ano 'yon? Anong sabi mo?!"

"Wala."

Sa wakas ay nagsimula kaming uminom nang hindi nag-uusap, pareho kaming okupado ang isip sa mga bagay bagay. Ilang sandali pa ay nilingon ko siya at siya naman ang nakatingin sa baso niya. Doon ko lang muli napagmasdan ang kabuuan niya, dahilan upang mapansin ko ang mga gasa at ilan pang pasa sa katawan niya.

"Kumusta na ang mga sugat mo?" tanong ko habang nilalaro ang yelo sa baso ko.

Tiningnan niya ang mga iyon. **"Okay na rin naman, masakit pero dahil sa tensyon kanina, sa tingin ko ay nawala na isa-isa."**

"Masiyado kang lapitin ng disgrasya. Hindi na ako magtataka kung mamatay ka bigla."

"H-Hoy!" nanlalaki na naman ang butas ng ilong na singhal niya. **"'W-Wag kang magsasalita ng ganiyan, ah!"**

"Biro lang."

"'Wag kang magbiro ng ganiyan dahil hindi magandang biro 'yan! Badtrip ka, ah!"

"Bakit parang takot na takot ka?" natatawang tugon ko.

"Sinong hindi matatakot? At talagang tumatawa ka pa? Sa tingin mo ay nakakatuwang biro iyon?!" galit talagang tanong niya, hindi ko naman siya sinagot at nakangisi lang akong pinagmasdan isa-isa ang mga sugat niya. **"Nakakabadtrip! Puwede ka namang magbiro ng iba--bakit 'yung ganiyang klase ng biro pa? Foul 'yun, ah?! Paano kung magdilang-demonyo ka at magkatotoo 'yang sinabi mo--"**

"'Wag kang mag-alala dahil hindi ko hahayaang mangyari 'yon," nakangiting pigil ko sa kaniya habang nakatingin pa rin sa baso ko. Hindi siya nakasagot kaya nilingon ko siya. Bakas sa mukha niya ang pagkagulat.

'Tss, pero wala akong sinabing kiligin siya.'

"A-Ah," usal niya. Gusto kong matawa sa itsura niya. **"H-Hindi pa rin magandang biro iyon."** dagdag niya. Hindi ko naman iyon pinansin pa, muli akong tumingala sa kisame. **"Akalain mong namamayat ka na pala? Hindi ko napapansin, eh, bwahahaha."**

"Parati ka kasing nakatingin sa'kin kaya hindi mo talaga mapapansin."

"Ang kapal ng mukha mo, Taguro!"

"Totoo 'yon, maniwala ka."

"Pero hindi pa rin ibig sabihin niyon ay parati akong nakatingin sa'yo."

"Tss, 'wag ka ng tumanggi dahil alam ko namang parati ka taalgang nakatingin sa'kin."

"Sinabi nang hindi nga, eh!"

"Eh, di 'wag ka ng magkomento? Kasalanan mo rin 'to kaya namayat ako, kaya 'wag ka ng magtanong dahil mababadtrip lang ako sa'yo."

"A-Anong kasalanan ko na naman? Inaano kita?"

"Hindi ba't ikaw ang nagsali sa'kin sa billiards? Nang dahil doon, nadagdagan ang mga ginagawa ko. Bukod doon, binigyan mo ako ng napakaraming isipin."

"Tch, talagang naghahanap ka ng masisisi, eh, 'no?"

"Hindi kita sinisisi, Sensui. Pero hindi ko rin maitatanggi na isa ka sa mga dahilan kung bakit nai-stress ako."

"Stess? Bakit naman kita nai-stress?"

"Dahil parati mo akong binibigyan ng isipin," tugon ko at natigilan naman siya. Tumitig siya sa'kin na parang hindi na naman makapaniwala sa narinig niya.

'Ano na naman kaya ang kababalaghang naiisip niya?'

"Ibig mong sabihin... lagi mo akong naiisip?" nauutal na tanong niya.

"Eh?"

"Sabi mo ay ini-stress kita at binibigyan ng isipin, ibig bang sabihin non ay ako ang iniisip mo? Kaya ka nai-stress ay dahil sa sobrang pag-iisip mo sa'kin?" bagaman nauutal ay seryoso siya.

"Pero 'wag mo isiping may gusto ako sa'yo." pagdederetso ko at natigilan siya.

Ilang saglit pa bago siya muling nakapagsalita. **"Eh, 'yung kay Kim? Paano mo nalaman 'yung sa kanila ni Randall?"** pag-iiba niya ng usapan.

"Mm, nung nag-audition ako sa dance troupe, doon ko unang nakita si Kim pero hindi kami nagkaroon ng pagkakataong ipakilala sa isa't isa. Palihim akong pumupunta sa mga lugar kung saan alam kong makikita ko si Randall, nakita ko silang magkasama nito lang matapos magsimula ng klase."

"Ako ang nagpakilala kay Randall at Kim, ilang araw lang din ang nakalipas mula nung magsimula ang klase."

"Mm, sa The Venice ko sila nakita."

"A-Ang bilis naman nilang nagkaganoon? Ibig mong sabihin ay dinadala na talaga ni Randall si Kim doon?"

"Siguro. Mga tatlong beses ko rin siguro silang nakita ro'n."

"Bakit tatlo lang?"

Ngumiti ako. **"Hindi ko na kayang makita pa, eh."**

"Hindi ako mapaniwala."

"Mm, nakakatawa lang na ang bait sa'kin ni Kim at sobrang sweet sa'yo. Hindi naman ako masamang tao, wala akong pakialam sa kaniya kung tutuusin, pero nung malaman kong manliligaw ka niya, medyo pumangit 'yung dating sa'kin. Kaya hindi ako kailanman nagpakita ng interes sa pakikipagkaibigan kay Kim, kahit pa mabait siya sa'kin. Ang totoo, kinutuban na rin akong hindi alam ni Dein na doon nakatira si Randall."

"Bakit hindi mo sinabi?"

"Dahil wala ako sa posisyon para magsabi. Kung nakakaramdam siguro ako maski kaunting awa para sa'yo noon, baka sinabi ko pa. Pero dahil badtrip ako sa'yo, hindi ko na pinakialaman, alam kong mali pero hindi ko talaga ugali ang makialam sa buhay ng iba. Lalo na at hindi ko naman kasundo ang Ate mo at kaaway naman kita."

"Edi gumaganti ka?"

"Hindi rin. Dahil kung gagantihan ko kayo, mas matindi pa riyan ang sakit na mararamdaman niyo."

"Tch."

"'Wag mo ng ipilit, Sensui. Nakatakdang mangyari ang lahat ng iyan at wala kang ibang gagawin kung hindi ang tanggapin."

"Pero hindi sana aabot sa ganito kung maaga pa lang ay sinabi mo nang may alam ka pala!"

"Hindi ka boyfriend ni Kim at wala akong pakialam kay Dein. Kung mayroon mang puwedeng magsabi sa'yo niyon ay kaibigan mo lang o kung sino mang malapit sa'yo. Ano ba kita?" tanong ko at natigilan naman siya. **Alam kong naiinis ka sa'kin pero sana maintindihan mong wala ako sa posisyon para magsumbong sa'yo ng mga bagay na nakikita at nalalaman ko. Magkaaway tayo, Sensui, at alam kong hindi mo ako paniniwalaan kahit pa sinabi ko ito sa'yo noon,"** lalong kumunot ang noo niya. **"Kung hindi ko sinabi, pasensiya na rin."**

Hindi siya sumagot, deretso lang siyang tumingin sa'kin at nakipagtitigan.

"Max," sumulpot si Naih mula sa tagiliran at tiningala ko naman ito. **"Tumawag si Migz, hinahanap daw nila tayo roon sa bahay nila Randall."**

"Maupo ka," anyaya ko sa kaniya at sumunod naman siya.

"Eh, ikaw, Sensui? Bakit hindi ka pa bumalik sa bahay nila Randall? May kainan daw doon," baling ni Naih dito.

"Ayaw ko r'on, eh," nakangusong tugon nito.

"Bakit naman? Dahil ba doon sa nangyari kanina? Kahit anong arte mo riyan, kailangang nandoon ka pa rin."

"Hindi ako nag-iinarte! Sinong may sabing nag-iinarte ako?" singhal ni Sensui.

"Oh, eh, anong tawag mo riyan? May pa-inom inom ka pang nalalaman. Psh!"

"Labas sila sa pag-iinom ko, okay? Parrot!"

"Ang seryoso mo, para binibiro ka lang, eh. Paano kita magiging tropa niyan kung ganiyan ka naman kakorni, Sensui?"

"Hindi kita gustong maging tropa, Parrot, okay?"

"Hahaha! Oh, eh, anong ginagawa mo pa rito? Aba, eh, kung ganon, pababanatan na kita sa mga bataan ko!"

"A-Anong sinasabi mo? A-Anong pababanatan?" takot na tugon ni Sensui at natawa naman ako.

'Duwag.'

"Wala ka pala, eh! Hahaha!" hagalpak ni Naih tsaka muling sumeryoso.

"Baka hanapin ka ng pamilya mo r'on," sabat ko at nilingon naman niya ako. **"Marami ang magtataka kung bakit wala ang *kinang* ng BIS."** sarkastikong dagdag ko.

"Oo nga, kumpleto pa naman 'yung cheering squad mo r'on, hahaha!" dagdag ni Naih.

"Tch! Wala akong pakialam! At isa pa, ngayon lang naman ako mawawala r'on! Ano naman ang gagawin ko r'on? Kakain lang? No way! Makikita ko lang si Randall--nababadtrip ako sa kaniya!"

"Eh, ano naman? Syota naman 'yon ng Ate mo! Psh! Stop me!"

"Tch! Baka nakakalimutan mo na 'yung ginawa niya sa'kin at kay Kim? Kailan lang 'yun, Parrot, at hindi porket nagluluksa siya ay kalilimutan ko na 'yon! Tama na 'yung nakiramay ako kay Tito habang siya ay ginagago na pala ako!"

"Bakit? Inano ka ba?" inosenteng tanong ni Naih dahilan upang matigilan si Sensui at mapatingin sa'kin.

"Hindi mo ba alam?" takang tanong ni Sensui kay Naih. **"May relasyon si Kim at Randall! Kaya ayaw kong makita ang pagmumukha nila dahil paniguradong mag-iiba lang ang panglasa ko."**

"OMG! Seryoso?!"

"Hindi niya alam?" baling sa'kin ni Sensui at nilingon ko naman siya.

"Ang alin?"

"Tsk! Nakakabadtrip ka talaga, Taguro! Wala kang kuwentang kausap! 'Yung kay Kim at Randall--hindi ba kako alam nitong si Parrot?"

"Tss. Eh, sabi ko naman sa'yo, hindi ko ugaling magkuwento."

"OMG!" OA na namang reaksyon ni Naih na nagtakip pa ng bibig at saka humawak sa dibdib. **"S-Seryoso? Chicks ni Randall si Kim?"** pag-uulit niya pa at tumango naman si Sensui. **"OMG again! Stop me!"**

"Tch. Ako mismo ang nakakita," kuwento pa ni Sensui at tumutok naman sa kaniya si Naih. **"Ang mas nakakabadtrip pa r'on ay talagang ipinaliwanag pa ora mismo! Hindi man lang ako binigyan ng ilang araw para humupa 'yung pagkagulat ko! Kaya naging mas masakit, eh! Badtrip!"**

"Aba, eh, kailangan mo ngang mag-inom, Sensui!" ani Naih at palihim naman akong natawa. **"Kulang itong dinala nung mga bakla!**

Teka, kukuha pa ako!" prisinta niya tsaka tumayo.

"H-Hoy! Sandali! Anong gagawin mo, Parrot?"

"Aba, Sensui, napakasakit non! Biruin mo--harap harapan kang niloko? At hindi man lang nag-effort si Kim na basted-in ka? Masakit 'yon! Sapol na sapol at paniguradong dead on the spot nun si kupido!"

"Hoy, Parrot! Foul na 'yan, ah!"

"Biro lang! Maswerte ka nga't nabibiro na kita, eh, hehehe," biro pa ni Naih tsaka kami nilayasan. Nang makabalik ito ay bitbit na ang ilang bote ng whisky. **"Pero... grabe! Si Randall at Kim? Stop me! Eh, ilang taon ang agwat nila, 'di ba? Parang magkapatid na lang sila, ah! Ehw!"** muling pahaging niya at natawa naman ako, nakinig lang ako sa asaran nila.

"Tsk! Sige ipaalala mo pa! Tch!"

"Aba aba! Edi magsara ka ng tainga!"

"Tsk! Nakakainis! Kasalanan nilang lahat 'to, eh! Puwede naman silang magsabi! Kung ayaw sa'kin ni Kim, eh, di sana sinabi niya na lang! Hindi 'yung... tsk! Badtrip!"

"May mga bagay bagay talaga sa mundo na kailangan nating iisantabi, Sensui."

"Pero hindi pa rin sapat 'yun para manakit sila ng tao!"

"Wala kang magagawa, hindi lahat ng tao madidiktahan mo."

"Kasalanan nilang dalawa 'to! Pati si Dein sinaktan nila! At ikaw!" turo sa'kin ni Sensui.

'Talagang hindi siya nakakatiis ng hindi ako kinakausap, tsk tsk.'

"Kasalanan ni kupido 'yan," nakangising tugon ko.

"Bakit naman??" silang dalawa.

"Dahil papana lang siya, sablay pa," panimula ko, tsaka ako humarap kay Sensui. **"'Wag kang mag-alala, kakausapin ko siya sa susunod para sa'yo."**

"Tch! At naniniwala ka naman kay kupido? At ano naman ang sasabihin mo?"

"Na sa susunod na panain ka niya, siguraduhin niyang tayong dalawa ang tatamaan--hindi 'yung *ikaw* lang," biro ko at natigilan naman silang pareho.

Pareho ring OA.

Ngumisi na lang ako tsaka sumandal muli at inihilig na naman ang batok ko. Natameme na naman sa'kin si Sensui at paniguradong kailangang

maglaan siya ng ilan pang mga minuto bago tuluyang magproseso sa utak niya ang biro ko.

Slow. Tss.

OceanofPDF.com

CHAPTER 96

DEIB'S POV

'Paano nga bang nakatagal ako ng mahigit dalawng oras kasama sina Parrot at Taguro? Nandito ako hindi para makipagbiruan sa kanila! Nakakabadtrip!'

Nababadtrip ako dahil pinagtri-trip-an nila ako. Wala silang ibang ginawa kung hindi ang asarin ako at tumawa ng tumawa. Ang mga ngisi ni Taguro ay nakakaloko, animong may naiisip siyang biro na siya lamang ang nakakaintindi. Pero hindi ko maitatanggi sa sarili ko na natutuwa rin ako kahit papaano dahil sa kabila ng mga nangyari sa pagitan namin ay *hindi* sila umalis sa tabi ko. Hindi nila ako ipinagtabuyan o pinakitaan ng masama kahit pa ang lalakas nilang mang-asar. Tama si Taguro, *magkaaway* kami at si Parrot naman ay hindi ko kasundo, pero sa kabila ng katotohanang iyon ay sila pa rin ang kasama ko.

'Tch! Sabagay, paano ko nga ba makakasundo si Parrot, eh, sobrang ingay niya? Dinaig niya pa si Tob! Daldal dito--daldal doon! Kahit walang kuwenta ay sinasabi niya. Tsk.'

Hindi ko rin maitatangging nakakatuwang panoorin ang relasyon nila sa isa't isa. Magkasundong magkasundo sila at parang iisa lang ang daloy ng mga bituka. Hindi talaga nila ako iniwan at sa halip ay mas tinanggap pa nila ako at sinamahan. At iyon ang importante sa'kin ngayon.

"Oh, uminom ka pa," alok ni Parrot, tsaka sinalinan ang baso ko.

"Salamat," tugon ko, tsaka ininom agad ang laman ng baso.

"Oh, heto pa."

"Thanks, Parrot."

"Oh, isa pa," aniya at muling nagsalin.

"Teka naman!" awat ko sa kaniya na sandaling ikinabigla niya. **"Eh, napapansin ko, ako na lang ng ako ang umiinom dito, ah? Nilalasing mo ba ako?"** inis na tanong ko.

"Eh, hindi ba't iyan naman ang ipinunta mo rito?" natatawa pang tanong niya.

"Oo nga," iiling-iling na tugon ko. **"Pero bakit parang ako na lang ang umiinom? Dinadaya niyo naman ako, eh!"**

"Aba, 'oy! Anong dinadaya naman? Puwede ba? Hindi ka sa kanto nakikipag-inuman, ah? Ikaw ang *brokenhearted* dito kaya ikaw lang ang dapat na malasing! Mangdadamay ka pa?! Psh!" anas niya at natigilan ako talaga.

"Anong mangdadamay? At saka, anong ako lang? Eh, hindi ba't 'yan din si Taguro ay brokenhearted?" naiilang na turo ko pa rito. Wala siyang imik at animong mag-isa lang sa kabuuan ng TB.

"Well, oo nga, pero sanay na 'yan, okay? Hehehe!"

Sandali akong natigilan. **"Paanong sanay?"**

"Psh! Mukha ba siyang tulad mo? Look at her, she looks so calm," turo pa ni Parrot at ganon nga ang itsura ni Taguro. **"'Yan si Max! And besides, nasaktan na siya ni Randall noon, kaya naman hindi na bago iyan sa kaniya ngayon,"** nakangiti ngunit seryosong anas niya, hindi ko naman naiwasang tingnan si Taguro. Batid kong dinig niya ang usapan namin ni Parrot pero gaya ng nakasanayan na ay parang balewala na naman ito sa kaniya. **"Nagkataon lang talagang... sa itinagal tagal ng panahong nakalipas ay biglang bumalik si Randall at nagguguguma non! Tsk tsk!"** iling niya pa.

"Ang wirdo ng nung mga sinabi ni Randall--hindi ko maintindihan."

"Ako rin, eh, hahaha! Hindi niya rin siguro naintindihan ang sarili niya, hahaha! Tuleg din, eh. *Bakit hindi mo ako ipinaglaban?!*" panggagaya niya sa tanong ni Randall kanina. **"Stop me! Hindi ka niya ipinaglaban dahil lugi siya sa kalaban,"** nakangiti pang dagdag ni Parrot tsaka bumuntong-hininga. **"Haaay, naaawa ako sa kaniya pero lamang ang inis ko. Ang gulo gulo niya! Psh! Pero alam kong nasasaktan din siya."**

"Tch, nasasaktan nga siya pero nakapanakit din siya. Masakit 'yung ginawa niya sa kaniya," turo ko kay Taguro. Ngunit natigilan ako nang sandaling magtama ang paningin namin bago niya muling ituon ang paningin sa hawak niyang baso.

"Wow, concerned?" sarkastikong anas na naman ni Parrot kaya ibinalik ko sa kaniya ang inis na tingin ko. **"Iba na 'yan, ah? Hahaha!"**

"Anong concerned? Hindi ako concerned! Honest lang ako! Tch!"

"Oo nga, kaya nga pati *feelings* mo ay masiyado ng honest. Hehehe!"

"What?"

"Wala!"

"H-Hoy, Parrot! 'Wag kang mag-imagine, ah?" protesta ko. **"Magkaibigan nga kayo! Pareho kayong assuming!"**

"Ikaw naman ay defensive. Hehehe!" pang-aalaska niya at hindi na ako tumugon pa.

'Nakakainis! Wala akong laban sa kaniya kahit kailan! Napakalakas niyang sumigaw!'

Halos ang lahat ay napapalingon sa'min sa t'wing magsasalita si Parrot. Hindi pa man siya sumisigaw ay napakalakas na ng boses niya, para siyang may mikropo sa lalamunan. Si Taguro naman ay napakawalang-kuwenta, bagay na hindi ko alam kung kailan ko makakasanayan. Hindi man lang nagbabago ang ekspresyon ng mukha niya at talagang akala mo ay nag-iisa kung umasta.

"Kaya nga natutuwa ako at ganiyan kalakas si Max, eh," anas na naman ni Parrot maya maya. **"Astig ang personality niya. Psh! Ikaw nga, eh, hindi umubra,"** nakangising duro niya pa sa'kin tsaka nilingon si Taguro. **"Nakakahinayang nga lang na sa sobrang lakas niya, nagbago siya."**

"Anong nagbago?"

"Sa sobrang sakit kasi nung pinagdaanan niya, namanhid na pati ang puso niya! Hahaha! Kaso, namanhid din yata pati buong pagkatao niya. Naging tahimik--sobrang tahimik! Naging seryoso--sobrang seryoso! Tsk tsk. Haaay. Sa tingin ko ay hindi dapat *ako* ang nagsasabi sa'yo nito, mas maganda kung siya ang magkukwento, hehehe! Pero don't worry, okay lang 'yan sigurado ako. Kaya ikaw, imbes na magdrama ka riyan, gumawa ka ng paraan para maging ayos ka. Hindi magtatagal at mawawala rin 'yang sakit na nararamdaman mo," seryoso namang dagdag niya.

"Tch! Kung siya nga, pati personality niya ay nagbago dahil sa sakit na pinagdaan niya--hindi ganon kadali 'yon, okay?"

"Wala namang nagsabing magiging madali. Bakit mo pa pahihirapan ang sarili mo kung alam mo nang mahirap? Hindi ko sinabing magiging madali pero *tulungan* mo ang sarili mong mapadali ang bagay na nagpapahirap sa'yo, okay?" paliwanag niya pero hindi ko talaga nakuha.

"Paano?" interesadong tanong ko.

"Itanong mo sa kaniya," turo niya kay Taguro. **"Siya ang nagsabi sa'kin niyan, eh. Hahaha!"**

'Si Taguro ang nagsabi sa kaniya?'

"Anong siya ang nagsabi? Nang alin?" tanong ko.

"Na kapag may mga bagay na alam mong magiging mahirap para sa'yo, 'wag mo ng pahirapan pa ang sarili mo. Kahit na alam mong mahirap para sa'yo ang pinagdadaanan mo, tulungan mo ang sarili mong mapadali iyon. Sa ganoong paraan mo lang daw kasi mababawasan 'yung sakit na nararamdaman mo," nakangiti ngunit seryosong anas ni Parrot.

'Napakababaw ng mga salita ngunit napakalalim ng ibig sabihin para sa'kin. Tsk.'

"A-Ah," naisagot ko na lang.

"Hahaha! Ang lalim, 'di ba? Ganon siya kayabang!" biro na naman ni Parrot. **"Pero maganda talaga ang meaning. Psh. Masiyadong masakit 'yang pinagdaraanan niyo at hindi ako makarelate, hehehe! Pero 'wag mong alalahanin si Taguro dahil kaya niya ang sarili niya, mas intindihin mo ang sarili mo dahil baka mabaliw ka. Hahaha!"**

"Sige, mang-asar ka pa! Parrot!"

"Psh! Araw-araw mo ba namang hatid-sundo? May pahatid-hatid ka pa ng snacks sa classroom? Hindi mo naman girlfriend pero feeling mo niloko ka? My goodness! Sigaw ka lang kapag sobrang sakit na, Sensui," seryoso ngunit nakakalokong anas pa niya. **"Dahil tutulungan ka ni Maxpein! Hehehe! Sanay na 'yan sa ganiyang eksena, maniwala ka sa'kin. Tingnan mo naman, pangalan pa lang ay may *pain* na! Haha! Love.. is pain--Maxpein! Bwahahahahahahaha!"**

'Tch! Grabe, napaka-abnormal nila!'

Hindi na ako nakasagot pa kay Parrot dahil nangibabaw ang pagkailang sa dibdib ko. Kaharap namin mismo 'yung pinag-uusapan namin at walang kibo.

'Bakit ba ganiyan ka, Taguro? Wala ka ba talagang pakialam sa mga taong inuungkat ang buhay mo?'

"Oh, siya," tumayo si Parrot. **"Maiwan ko na muna kayo riyan at mag-i-inventory muna ako. Anong oras na, oh?"** aniya pa na sumulyap sa relos niya tsaka lumapit kay Taguro at tinapik 'to sa balikat. **"'Oy! Doon na muna ako,"** tinanguan naman siya ni Taguro. **"Enjoy, Sensui! Hehehe!"**

'Tch!'

Hindi ko na nagawang singhalan pa si Parrot dahil alam kong wala ako sa teritoryo ko. Nang makalayo ito sa'min ay tsaka ko sinulyapan si Taguro, kasalukuyan siyang nagsasalin ng inumin. Pinagmasdan ko siya at naisip kong siya na naman ang kasama ko.

'Bakit ba sa mga hindi inaasahang oras ay ikaw ang kasama ko? Ikaw 'yung nandiyan? Bakit ba parati na lang nagkakatagpo ang mga landas natin?'

Ininom niya ang isinalin sa baso habang nakamasid pa rin ako sa kaniya. Bahagya akong nakaramdam ng pagkailang, kaming dalawa na lang ang magkasama at walang ingay na nangingibabaw sa pagitan namin.

'Kung ako ang unang magsasalita--ano naman ang sasabihin ko? Dapat ba akong mag-thank you? Tch! Bakit naman ako magte-thank you? Malamang! Hindi mo ba napapansin at nahahalata? T'wing nangangailangan ka tulong--siya 'yung nandiyan para damayan ka. Gaya na lang ngayon, gusto mong magpakalasing, siya ang kasama mo kaya dapat ka lang na magpasalamat!'

Tumingin ako kay Taguro at wala pa ring nagbago sa itsura niya. Kung maupo ay aninomg lalaki, habang nilalaro ang yelo sa baso at nakatuon doon ang buong atensiyon.

'Tch! Eh, hindi ko naman sinabing manatili siya sa tabi ko, ah? Hindi ko rin sinabing tulungan at samahan niya ako. Tch! Siya ang nagkukusa! Kunsabagay, sa kabila nung mga kalokohan ko ay tinulungan niya pa rin ako kaya kailangan ko talagang magpasalamat! Nakakabadtrip! P-Paano kung asarin niya ako? Hindi naman siguro? Tsk. Sige, magpapasalamat na ako--'

"'Wag mo akong titigan," ani Taguro dahilan upang maputol ang pagmumuni-muni ko! Inis akong napatitig sa kaniya at nilingon niya naman ako habang nagsasalin muli sa baso.

"W-What?"

"Kahit hindi ako nakatingin sa'yo, alam kong tinititigan mo ako, Sensui."

"Hindi kita tinititigan! Ang kapal nga mukha--"

"Tss," singhal niya tsaka muling tumitig sa'kin. **"'Wag ka masiyadong tumanggi dahil namumula ka na."**

"Alam mo? Hindi ko maintindihan kung saan ka kumukuha ng lakas ng loob para biruin ako ng ganiyan? Hindi ka ba nahihiya sa

kapal ng apog mo?" napipikon nang anas ko. **"At *ako* pa talaga ang ginaniyan mo, ah? Anong akala mo sa'kin? May gusto sa'yo?"**

"Malay ko," seryoso pa ring tugon niya. **"Bakit hindi mo tanongin ang sarili mo?"** biglang ngising tanong niya.

'Anak ng...'

"Hoy, Taguro! Wala akong gusto sa'yo, okay?"

"Wala naman akong sinabing ganiyan, ikaw ang nag-isip niyan."

"Dahil 'yun ang ipinapahiwatig mo!"

"Naks, may *pahiwatig* pa talaga, ah?" sarkastikong anas niya. **"Sinabi ko lang na namumula ka--nagpahiwatig na? Hanep."**

"Tch! Bakit? Hindi ba?" inis na talagang tugon ko. **"Eh, bakit sinasabi mong tinititigan kita at namumula ako? Pati si kupido ay idinamay mo!"**

"'Wag kang sumigaw," saway niya. **"Mali lang talaga ang interpretasyon mo. Wala pa rin akong binabanggit na may gusto ka sa'kin, Sensui."**

"Ayusin mo kasi ang sinasabi mo!" asik ko.

"Tss, maayos ang pagkakasabi ko. Kung anu-ano lang talaga ang iniisip mo."

"Tch! Assuming ka kasi! Hoy, Taguro, para sabihin ko sa'yo, si Kim ang gusto ko! Bukod kay Kim ay wala na akong ibang ginusto--siya lang!"

"Hindi ka naman gusto."

'Anak ng... deretsong deretso 'yun, ah!?'

"Oo nga, pero--basta!" singhal ko. **"Siya ang gusto ko--wala ng iba!"**

"Sinaktan ka naman," parang natatawa pang aniya.

"Hindi ka na nakakatuwa, ah! Ang yabang yabang mo! Tch! Bakit ikaw? Hindi ka ba nasasaktan? Hindi ba't sinaktan ka rin naman ni Randall? Iniwan ka pa nga, eh! Kaya 'wag mo akong asarin dahil pareho lang tayong nasasaktan ngayon!"

Hindi siya nakasagot.

Sandali pa akong napatitig sa kaniya at sumilay ang pilit niyang ngiti. Agad naman akong nakonsensiya lalo pa at hindi pa rin siya nagsasalita. Uminom lang siya at muling nagsalin tsaka nakangiting nilaro ang yelo sa baso niya.

'Bakit ako makokonsensiya, eh, dere-deretso rin naman siya kung asarin ako! Tch! Tapos ma-o-offend siya? Bahala siya sa buhay niya! Tsk!'

"Kung na-offend ka, h-hindi ako magsosorry," nakangusong usal ko. **"Dahil ikaw rin naman ay ganiyan mang-asar. Tch!"** bahagya pa akong nakaramdam ng hiya nang sulyapan niya ako. **"Hindi rin nakakatawa 'yung mga biro mo--kung biro nga ba 'yon, nakakabadtrip na. Alam mo ba kung gaano kasakit para sa'kin 'yung nangyari? Tapos bibiruin mo pa ako ng ganiyan? Hindi ko alam kung alaskador ka lang ba talaga o gusto mo lang talagang dagdagan 'yung sakit na nararamdaman ko, eh. Tsk!"**

Tumingin siya sa'kin tsaka ngumiti. **"Sabihin mo sa'kin kung saan ang masakit."**

"Ang alin?" takang tanong ko.

"'Yung sakit na nararamdaman mo."

"Bakit?" kabado nang tugon ko.

"Sabihin mo sa'kin kung nasaan ang masakit at lalagyan ko ng anesthesia," nakangisi pa ring aniya tsaka tinitigan ako sa mga mata, napalunok naman ako. **"Pero kapag nawala 'yan, *akin* ka na."**

'..akin ka na..'

'..akin ka na..'

'..akin ka na..'

Muling nagpaulit-ulit iyon sa pandinig ko at sa oras na ito ay hindi na 'yon nawala pa sa isip ko. Hindi ko maialis sa kaniya ang paningin ko at habang nakatitig siya sa'kin ay ayon na naman iyong pakiramdam na parang pinapasok niya ang kaluluwa ko para alamin kung ano ang nararamdaman ko. Parang binubudburan ng asukal ang puso ko dahil may nararamdaman akong kung anong maliliit na hindi maipaliwanag na pakiramdam doon.

'Nakakainis! Bakit niya ba kailangan na magbiro ng ganiyan?! Damn it!'

Sa kauna-unahang beses ay animong pinisil at hinipo ang puso ko nang dahil sa sinabi niyang iyon. Malabo man ang dating sa pandinig ko ngunit kusa iyong naintindihan ng puso't isip ko.

'W-What the hell... am I dying?'

"Woi," mahinang anas niya na parang natawa pa. **"Ang tagal mong magreact."**

"L-Loko ka, ah!" wala sa sariling anas ko na lang na dinuro pa siya.

"Biro lang."

"Badtrip ka, ah?"

"Tss, inaano kita?"

"Ang pangit pangit mo kasing magbiro!" asik ko at siya naman ang hindi nakakasagot. Ang mas nakakabadtrip pa ron ay ngingisi ngisi siya na animong may naiisip na biro at siya lamang ang nakakaintindi. **"Anong nakakatawa? Tch! Tigilan mo ang mga ganiyang biro--hindi na nakakatuwa!"**

"Dahil nakakakilig na?" nakangising tanong niya at muling nagpaulit-ulit sa pandinig ko ang linyang iyon.

Ilang saglit akong natigilan at nandidiring tumingin sa kaniya ngunit hindi malaman ang sasabihin. **"T-Taguro, ah? Ang kapal ng mukha mo!"**

"Tss, ang pikon mo," anas niya tsaka muling nagsalin ng inumin niya.

Nawala yata ako sa huwisyo. Gusto ko nang tumayo at umalis ngunit hindi ko maigalaw ang katawan ko. Sa asar ko ay hinayaan ko na lang siyang uminom at hindi ko na siya kinausap. Tinanaw ko ang bar ngunit nakikita ko pa rin si Taguro sa tagiliran ng paningin ko. Kahit hindi ko ituon sa kaniya ang mga mata ko ay nakikita ko ang bawat kilos at galaw niya.

'Tch, kapag may nasabi pa siya sa ganitong posisyon ko--ang kapal na talaga ng mukha niya. Tsk. Anong akala niya sa sarili niya? MAGANDA? YAK!'

Subalit tumakbo ang ilan pang mga minuto at pareho pa rin kaming umiinom at wala talagang nagsasalita. Hindi na ako tumingin ng deretso o humarap pa sa kaniya, hindi ko rin alam kung tumitingin siya sa'kin.

'Tch! 'Wag mo na lang pansinin, Deib. Baka kaya siya nagkakaganiyan ay dahil nakainom na siya, lasing siya kaya malakas ang loob niyang pagtrip-an ka. Isipin mo na lang na ganti niya na 'yan sa dami ng pang-aasar na ginawa mo sa kaniya. Tch! Kaya imbes na magmaktol ka--pasalamatan mo siya dahil kahit ganiyang nakakabadtrip ang ugali niya ay sinamahan ka pa rin niya. Peste nga lang talaga!'

Ilang saglit pa ang lumipas at ako rin ang hindi nakatiis. Muli ko siyang nilingon at kasalukuyan siyang nagsasalin sa sariling baso at muling nilaro ang yelo.

"A-Anyway, thanks," bagaman naiilang ay sinserong sambit ko. **"Ang dami ko ng sinabi pero hindi pa pala ako nakakapagpasalamat sa'yo kaya... salamat, salamat talaga."**

Hindi siya sumagot.

'Nakakaasar!'

"Puwede ba?" asik ko. **"Tigil-tigilan mo nga 'yang pagngisi mo? Nakakaasar, eh? Sumeryoso ka naman kahit minsan!"**

"Tss. Baka seryosohin kita, hindi mo magustohan?"

"Tama na! Puwede? Nakikipag-usap ako ng maayos sa'yo kaya tumigil ka na! Ayaw ko ng biro mo!" singhal ko. **"I said, *thanks*!"** pagdidiin ko pa. **"And I'm only accepting *welcome* as a reply--none other than that."**

"Welcome," nakaangat pa rin ang labi na aniya. Napipikon na ako sa iniaasta niya, parang mayroon talaga siyang biro sa isip na siya lang ang nakakaalam. **"Ganito ang paraan ko para makalimutan ko kung ano man 'yung gusto kong kalimutan,"** mahinang dagdag niya dahilan upang mawala ang panunuya sa mukha ko't tumingin ng deretso sa kaniya.

"Anong ibig mong sabihin?"

"Heto," turo niya pa sa paligid namin. **"This is my way of forgetting everything that I don't want to remember. Lahat ng *hindi* ko ginagawa ay ginawa ko para mabago lang 'yung nasa paligid ko, kahit sa ilang sandali lang,"** tsaka siya tumingin sa'kin. **"Nagkataon namang ikaw 'yung nasa harap ko kaya ikaw ang napagtrip-an ko."**

Nabigla ako. **"E-Eh, di trip lang pala lahat 'yon?"** wala sa sariling naitanong ko.

Natigilan din siya at napatitig sa'kin, tsaka tipid na ngumisi. **"Puwede rin namang hindi, kung gusto mo talaga,"** punong puno ng kayabangang aniya. **"Depende sa pagkakaintindi mo,"** natatawa pang dagdag niya.

'Hambog!'

"Tch! Ibig kong sabihin ay 'wag mo akong pagtrip-an at 'wag kang assuming!"

"Okay."

'Tsk! Ano ba 'yung nangyayari sa kaniya? Badtrip!'

"Continue," pag-iiba ko sa usapan.

"Hm?" inosenteng anas niya.

"'Yung ikinukuwento mo, ituloy mo na."

"Hindi ko na matandaan, eh."

'Anak ng...'

"Kasasabi mo lang--hindi mo na matandaan? Ano ba namang klaseng pag-iisip 'yan? Ayos ka rin, ah? 'Yung sinabi mo kanina... ituloy mo na, sige na."

"Limot ko na nga," seryosong dagdag niya kaya natigilan naman ako.

'Grabe, nakakamatay ang kawirdohan ng babaeng ito. Tch! Kung ayaw niyang magsalita ay ako na lang ang magsasalita--'wag lang sana akong

babarahin.'

"Two years ko ng nililigawan si Kim," may kaunting alinlangan na sambit ko upang mabasag ang katahimikan. Tiningala niya naman ako ngunit blangko ang ekspresyon ng mukha niya. **"Siya ang kauna-unahang babae na nagustohan ko. Marami ang nagkakagusto sa'kin pero maski isa sa kanila ay wala akong nagustohan kailanman, sila kasi ang kusang dumidikit sa'kin. Samantalang, ako naman ang kusang dumidikit kay Kim. Nagustohan ko siya simula pa lang dahil ang ganda ganda niya, sobra, pero na-in love ako dahil mas maganda ang ugali niya,"** nakangiti pang kuwento ko habang nakatingin sa baso. Kinuha ko ang bote at nagsalin sa baso naming pareho.

T'wing magsasalin ako sa baso ko ay iniinom ko na muna bago nagtutuloy sa pagsasalita. **"Ang totoo ay parati siyang sweet sa'kin, inaalalala niya ang pag-aaral ko at tinuturuan sa t'wing mahihirapan. Nagdidiskusyon kami kapag may hindi ako maintindihan, parati siyang nandiyan para sa'kin,"** dagdag ko pa. **"Maayos niya akong pinagsasabihan na tigilan ko na ang pangbubully ko hindi gaya ni Noona na parating galit at pautos kung pagsabihan ako, si Kim kasi ay parang nag-a-advice, hehe."**

Tumingin ako sa kaniya at nakatingin din siya sa'kin, seryosong nakikinig kaya nagtuloy pa ako. **"Ang totoo niyan, sobra akong maloko noon, nakikipag-away talaga ako pero hindi naman umaabot sa malalaking gulo dahil hindi naman nila ako pinapatulan, sila ang kusang umaalis dahil sa takot nila sa'kin. Taong taon kong ginagawa 'yon at sa loob ng isang taon ay hindi lang iisa ang binu-bully ko-- marami sila. Kaabang-abang lang talaga kung sino ang pinagtri-trip-an ko sa unang araw ng pasukan,"** nakangiting dagdag ko at bahagya namang naningkit ang mga mata niya. **"Gaya mo, ikaw ang napagtrip-an ko nung first day. Wala talaga sa plano ko 'yon, eh, wala na isip ko ang mambuyo dahil sabi ko sa sarili ko ay nabago na ako ni Kim at siya ang dahilan kung bakit kailangan kong magtino. Tsaka ga-gradutate na rin naman ako kaya gusto ko sanang sa huling taon ko bilang high school ay matino na ako. Hehehe. Kaso, nagbago ang pananaw ko nung makita kita,"** mahabang kuwento ko.

Ngunit kusa akong natigilan at naisip ang sarili kong sinabi.

'Tama ba 'yong pagkakasabi ko? Hindi kaya mali ang magiging pag-intindi niya?'

Dahan dahan ko siyang tiningnan pero walang nagbago sa ekspresyon ng mukha niya. Blangko iyon na may nananaksak na titig.

"I-Ibig kong sabihin, wala na kasi talaga akong planong mangtrip kaso hindi ko nagustohan 'yong paraan mo ng pagtingin sa'kin nung oras na 'yon kaya pinatid kita," nakangusong dagdag ko at doon na nag-iba ang itsura niya.

'Ayan na, Deib! Magiging tigre na siya!'

Agad na nagsalubong ang mga kilay niya at nagdilim ang mga mata niya, nakadagdag takot sa'kin ang pagiging seryoso ng mukha niya.

'Yari ka na talaga, Deib!'

"Ibig mong sabihin ay ginawa mo lang iyon dahil sa hindi mo nagustohan 'yung paraan ko ng pagkakatingin sa'yo?" bakas ang galit sa tono ng pananalita niya.

"O-Oo," puno ng kahihiyang tugon ko. **"Pero wala naman akong balak na ituloy 'yun, 'eh--wala akong balak na pagtrip-an ka! Nabadtrip lang talaga ako dahil gumaganti ka pa! Tch! Puwede namang hindi ka na gumanti at magsorry ka na lang basta! Sinapak mo pa kasi ako, eh--kaya nabadtrip ako. Hindi ko napigilan ang sarili ko,"** napapangusong dagdag ko.

"Tss, walang kuwentang dahilan," bakas ang inis na tugon niya.

"Tapos na 'yon, wala na tayong magagawa."

"Tss, bigwasan kita riyan, eh."

"Sadista ka, ah!"

"Ako pa ang sadista?" kalmado pa ring tanong niya.

"Bakit? Hindi ba? Nagpapaliwanag na nga ako--bibigwasan mo pa ako?"

"Sa dami nung ginawa mo sa'kin, bigwas ko pa ang kinatakutan mo, ah? Wow."

"Enough. Wala na tayong magagawa dahil tapos na ang mga 'yon, at saka, hindi lang naman ikaw ang nasaktan doon sa mga nangyari, ako rin."

"Sabagay, sinaktan ka rin nga pala ni Kim." pilit na birong aniya.

"Sige! Ipaalala mo pa!"

"Biro lang."

'Napakapangit niyang magbiro! Tsk!'

Muli kong kinuha ang bote at nagsalin sa baso, dalawang beses muna akong uminom bago nakapagsalita. **"Si Kim lang ang nakapagpabago**

sa'kin at siya lang din ang nakapanakit sa'kin, hindi ko inaasahan 'yon," pilit akong tumawa ngunit nabigo ako. **"Sabi nila kung talagang gusto ng isang babae ang manliligaw niya, hindi na nya patatagalin pa 'yung pangliligaw nito,"** tsaka ako tumingin sa kaniya, nakikinig siya sa'kin. **"Balewala sa'kin ang kasabihan na iyon dahil naniniwala pa rin ako na hindi minamadali ang lahat ng bagay, na hindi ko siya kailangang madaliin para sagotin ako. Dahil para sa'kin ay parang *kami* na rin naman. Masiyado akong naging mataas ang kumpiyansa ko sa sarili, dahil akala ko ay *oo* na lang niya ang kulang sa'ming dalawa, nagkamali ako."** bumuntong-hininga pa muna ako. **"Ang totoo ay hindi ko na alam kung paano ako ulit magsisimula, ngayon ko lang naranasan at naramdaman ang ganito at hindi ko alam kung ano ang gagawin ko sa susunod. Masiyadong masakit para sa'kin na 'yung kaisa-isang babae sa paningin ko--ginago ako."** Naramdam ko ang pamamasa ng mga mata ko at sa kagustuhan kong maitago iyon sa kaniya ay kinuha ko ang bote ng alak at muling nagsalin tsaka uminom. **"I don't think I deserve this, hahaha,"** pilit na biro ko. **"Do you think I deserve this?"** seryosong tanong ko.

"Mm," ikiniling niya ang kaniyang ulo tsaka bumuntong-hininga. **"Nobody deserves to be hurt. But someone can hurt you more that you deserve because you loved them more than they deserve,"** malumanay na tugon niya.

Hindi ako nakasagot.

Sa halip ay napatitig ako sa kaniya at naramdaman ko sa dibdib ko ang paghanga. Bawat katagang binibitiwan niya ay muling tumagos sa puso ko dahilan upang bumilib ako sa kaniya ng todo.

Nagsalin akong muli sa baso upang hindi niya mapansin ang nararamdaman kong iyon.

"Niloko niya ako," maya-maya pa'y bulong ko. **"Wala siyang karapatang lokohin ako, hehehe,"** kunyaring biro ko. **"Sana ay kagaya mo na lang din ako na hindi nakakaramdaman ng sakit. Dapat pala ay *Deibpein* ang pangalan ko, hahaha!"** natatawang dagdag ko. Dumilim ang mga mata niya kaya napalunok ako, paniguradong hindi niya nagustohan ang biro ko. **"Ikaw naman ang magkuwento,"** tsaka ako muling nagsalin sa parehong baso. **"Bakit kayo nagbreak ni Randall?"**

"Ayos ka lang ba?" seryosong tanong niya at natigilan naman ako sa paglaghok.

Pinakiramdaman ko ang sarili ko bago nagsalita. **"Ayos lang naman ako, ikaw ba? Hehehe."**

"Tss."

"Tch. Magkuwento ka na. Bakit ka ipinagpalit ni Randall sa kapatid ko?" deretsong tanong ko, hindi agad siya sumagot. **"Magkuwento ka, makikinig ako,"** dagdag ko at sandali siyang napatitig sa'kin, naniniguro sa katinuan ko.

Sumandal siya sa couch at saka tumingin ng deretso sa'kin. **"Hindi boto sa'kin si Mrs. Echavez, pero boto naman sa'kin ang Daddy niya--si Tito Ram,"** tumungo siya sa baso, nilaro ang yelo tsaka sumimsim ng alak. **"Kung gaano kabait sa'kin si Tito Ram, siya namang galit sa'kin ni Tita Dayzelle."**

"Bakit daw?"

"Hindi raw ako 'yung *ideal girl* niya para sa anak niya. Mm, kung tutuusin, nasaktan ako nang sabihin niya iyon pero dahil hindi naman ako pinabayaan ni Randall, nagawa kong balewalain."

"Gaano kayo katagal?"

"Almost two years."

"Wow." namangha talaga ako. Pero hindi nagbago ang blangkong itsura niya. **"Naging masaya naman ba kayo?"**

"Siyempre," nakangiting tugon niya. **"Mm, pareho kasi kami ni Randall na kapag walang pakialam--wala talagang pakialam. Kami 'yung tipo na kayang mabuhay sa sariling mundo. Nababalewala ang sasabihin at sinasabi ng iba dahil *kami* naman ang may nararamdaman para sa isa't isa. Pero nananatili kaming sensitibo sa nararamdaman ng ibang tao sa paligid namin, sinisiguro naming hindi kami makakapanakit ng damdamin ng iba. Since wala naman, nagtuloy lang 'yung relasyon namin."**

"Eh, anong nangyari bigla?"

"I don't know. Ang natatandaan ko lang ay 'yung paulit-ulit na sinasabi sa'kin ni Tita Day noon, *'You don't fit in this family. My son doesn't deserve you. We don't need you. My son can live without you.'*" may bahid ng pait na pagdidiin niya. **"Araw-araw, paulit-ulit. Nakakasawa. Ano na lang daw ang sasabihin ng mga tao kapag nalaman nilang ang tagapagmana ng mga Echavez ay may karelasyong anak sa labas ng mga del Valle."** mapakla pang dagdag niya.

"Damn." naibulong ko at ngumiwi siya.

"Lintek na kayamanan, parang may sariling bibig na nag-uutos para paglaban-labanin ang pride ng mga nagmamay-ari sa kanila," napabuntong-hininga siya. **"Wala akong pakialam sa yaman ni Randall dahil hindi ako kailanman tumingin sa pera lalo na at ako mismo ay walang laman ang bulsa. 'Yun pala, ako ang tinitingnan nila dahil hindi sila tumatanggap ng kapares ng anak nila na butas ang bulsa. Funny but true."**

Lalo akong natigilan. Napatitig ako sa kaniya at hindi makapaniwala sa lakas ng loob na nagkukumawala sa kaniya.

'Sa tingin ko ay naiintindihan ko na ang sinasabi ni Parrot na sanay na siya. Tsk.'

"Si Maze ay hindi rin boto sa'kin para kay Randall, umipisa pa lang. Ang sabi niya ay sisirain ko lang daw ang buhay ni Randall dahil tahimik at perpekto raw ang mga Echavez. Sinabi niya pang hangga't maaari ay tigilan ko na. Sinabi ko 'yon kay Randall dahil natakot din ako na baka tama nga si Maze, ayaw kong mangyari 'yon--ayokong masira ko ang pamilya niya. Hindi sumang-ayon si Randall doon. Kakayanin daw namin 'yon at patutunayan namin sa kanilang, para sa'min, nakatadhana kami para sa isa't isa," nakangiting dagdag niya. **"Medyo naging mahirap sa'min 'yung naging relasyon namin dahil kailangan naming magkita minsan ng palihim, nasa iisang school kami pero madalang magkasama, hindi siya puwedeng pumunta basta basta sa bahay at ganoon din ako sa kanila. Pero kahit na pamilya na namin pareho ang hadlang sa'ming dalawa, parang pakiramdam ko ay wala kaming naging problema dahil parati kaming masaya. Madalang mag-away at hindi nagtatalo, sa lahat ng bagay ay nagkakasundo kami."** animong inaalala pa ang mga pangyayari na kuwento niya.

"Eh, paano nga kayong naghiwalay? Bakit nagkaganoon ang relasiyon niyo?"

"Parang bumaliktad ang mundo, hindi ko rin alam kung ano ang nangyari," bumalatay ang lungkot sa kabuuan ng mukha niya at pinabilis niyon ang tibok ng puso ko.

Masikap niyang inilahad sa'kin ang kuwento ng pangyayaring iyon sa mismong kaarawan ni Randall, sa tingin ko ay ibinahagi niya sa'kin ang bawat detalye dahil nalaman kong iyong pangarap na billiard cue stick pala ni Randall ang dapat na ireregalo niya. At ultimong ang kinahinatnan ng pag-aaral niya ay nabanggit niya. Bakas na bakas lalo ang pinaghalong

lungkot at sakit sa bawat salitang binibitiwan niya, may bahid din ng pagsisisi ngunit lamang ang tuwa't saya.

"Bago ko ibigay ang regalo kong cue stick ay binigyan ko siya ng cake, inutusan ko rin siyang magwish bago hipan ang kandila at nung tanongin ko kung anong wish niya.. *iyon* ang sinabi niya." pilit ang ngiting anas niya tsaka muling uminom.

Napatitig ako sa kaniya at nakaramdam talaga ako ng awa, ayon na naman iyong pakiramdam na parang pinipiga ang puso ko. Kung tama nga ang sinasabi ni Parrot na hndi ganiyan ang personalidad niya noon, ibig sabihin ay hindi siya kasing tatag ng personalidad niya ngayon.

'Paano niyang nakayanan ang sakit na iyon?'

"Hindi mo ba tinanong si Randall kung bakit niya ginawa iyon?"

Umiling agad siya. **"Hindi ko na tinanong. Para akong pinagsukluban ng langit at lupa nung oras na iyon. Sa dami ng tao r'on, hindi ko alam kung paanong mas napili niyang ipahiya at saktan ako sa harap nila, hindi iyon ang lalaking minahal ko. Hindi ako nakapagsalita at para akong napako sa harap niya at ng Ate mo, pakiramdam ko kapag nagsalita ako ay sasabog ang luha ko."** pilit ang tawang dagdag niya.

"Wala ka talagang sinabi maski isa?" paniniguro ko at umiling naman siya. Nawala ang mayabang at maangas na Taguro sa katauhan niya, pakiramdam ko ay isa lang siya ron sa mga babaeng nagmamakaawang balikan sila ng taong nang-iwan sa kanila.

"I was left standing," nakangiti at umiiling pang anas niya. **"I look so stupid that time. Mukha akong tanga na nakatingin pa rin kay Randall matapos niyang sabihin 'yon, mukha akong tanga na nagpipigil ng luha habang nilululon ang mga sinabi niya."**

"Pero dapat ay tinanong mo siya para alam mo ang dahilan kung bakit niya ginawa 'yon, 'di ba?" nahihiyang pagtatanong ko pa.

Umiling siya. **"Pero masiyado nang masakit 'yung mga narinig ko, hindi ko alam kung makakayanan ko pa 'yung paliwanag niya. Masiyadong masakit at pilit ko lang iyong kinaya. Kaya bago pa tumulo ang luha ko ay umalis na ako."**

"Pero hindi ba't parang ang wirdo non? Ibig kong sabihin, mapupuno ka ng tanong sa isip mo kaya sana ay nagtanong ka."

"Sa oras na 'yon? Hahaha. No way," iling niya. **"Sisirain ko lang ang party."**

'Tch! Talagang 'yung party pa ang inisip niya? Grabe, napakawirdo ng utak niya.'

"Kung ibang babae 'yon ay baka sinugod na si Noona at pinagsasampal o sinabunutan, normal na gawain ng isang galit na *babae* iyon, Taguro. Baka si Randall ay makatanggap din ng sampal--depende sa babaeng kaharap niya, pero dahil ikaw si Taguro, paniguradong sapak o suntok ang igagawad mo. Malakas at talagang lumalaban ka, buti ay hindi mo nagawa kay Randall iyon? Nakakapagtaka."

"Kaya kong gawin iyon pero hindi sa party ni Randall. And besides, ipinahiya niya na nga ako, ipapahiya ko pa ba naman ang sarili ko? Tss. Tama na 'yon."

"Eh, si Noona?"

"Ano siya?"

"Buti hindi mo siya inaway?"

Umiling uli siya. **"Alam ko namang hindi niya sinasadya 'yon. Habang papalapit pa nga lang ako sa kanila nung oras na iyon ay hindi na siya makatingin sa'kin ng deretso. Pinigilan niya rin si Randall nung magtanong ako kung anong wish niya. Alam kong hindi rin niya ginusto iyon."**

"Anong hindi ginusto? Puwede ba naman 'yon?"

"Mm, kung wala ka na talagang choice kung hindi ang manakit ng tao--mangyayari talaga ang ganoon."

"Anong ibig mong sabihin?"

"Choice niya ang makipagrelasyon kay Randall, consequence n'on ang masaktan ako." malalim na namang anas niya kaya muli akong natigilan.

"Pero hindi ka pa rin magkakaganiyan kung sana ay nagtanong ka. May karapatan kang malaman kung ano ang dahilan niya dahil boyfriend mo siya."

"Hindi ko nga kayang pakinggan."

"Puwede naman sa ibang araw, 'di ba?"

"Nang malaman kasi ng mga Moon ang tungkol sa pagbagsak ko, pinaalis agad ko at pinapunta sa Korea."

"Kaya pala ang sabi ni Randall ay lumayo ka?"

"Mm, hindi ko na rin kasi sinabi sa kaniya, hindi ko na naisip na gusto niya pang malaman."

"Buti kinaya mo?"

"Ang alin?"

"Ang umalis? Siyempre, hindi mo na siya makikita. Kung ako kasi 'yon, kahit makipagbreak pa siya sa'kin sa tingin ko ay hindi ko kayang lumayo sa kaniya at mas lalong hindi ko kayang hindi siya makita. Siyempre, maghahabol ako."

"Hindi ako ganon, eh."

"Bakit naman?"

"I don't know. Siguro dahil may ugali akong sumasagot ako sa sarili kong tanong."

"Tch! Para kang lalaki!"

Natawa siya. **"Alam ko."**

"At natawa ka pa?" pang-aasar ko pero hindi na siya kumibo. **"Galit ka kay Noona?"**

"Hindi."

"Bakit?"

"Wala naman siyang ginawa sa'kin, eh."

"Ha! Anong wala?" inis na tanong ko. Napakatanga niya. **"Inagaw niya ang boyfriend mo, Taguro."**

"Hindi niya inagaw si Randall, niligawan siya ni Randall--minahal siya ni Randall, kaya sumama siya kay Randall. Sa madaling salita, nagmahal lang siya, Sensui."

Sandali akong natigilan. **"Mali pa rin 'yon dahil alam niyang may masasaktan siya."**

"Kaya nga nakipagbreak si Randall sa'kin, eh."

"Pero..." nabitin ang pananalita ko. Wala akong maapuhap na akmang salita para kontrahin pa ang paniniwala niya.

"I know it's weird and funny but I understand them. Sa tingin ko rin ay iyon na lang ang pinakamadaling paraan para magkasama sila ng hindi nakakapanakit masiyado ng iba. Kaysa nga naman lokohin nila ako at magsama ng lingid sa kaalaman ko ay nakipagbreak na lang sa'kin si Randall tsaka sumama sa kaniya. Masakit. Sobrang sakit. Pero tama."

Lalo akong natigilan at hindi nakapagsalita. Napamaang ako sa kaniya at hindi na iyon dahil sa katangahan niya. Muli akong bumilib at napagtanto kong may punto nga siya.

Natigil ang pagmumuni-muni ko nang biglang lumapit si Parrot at sa'kin agad ang bungad niya kaya napansin ko ang maliit na gasgas sa noo niya.

"Meron ka pa rin niyan?" turo ko sa gasgas.

"Psh! Ikaw nga--mas marami, eh!" pang-aasar niya. Inis naman akong napatinign sa kaniya tsaka tumingin sa mga sugat ko.

"Tch! At least 'yung sa'kin ay kailan lang! Iyang sa iyo ay matagal na!"

"Matagal maghilom, eh, anong magagawa ko? Hahaha! Remembrance 'yan, don't worry. Para kung hindi na kami makalabalik sa BIS may maiiwang marka sa'kin, alaala ng kahayupan ni Ysay--ang babaeng lihim na may sapak. Bwahahahaha!" malakas siyang tumawa pero hindi ako nakasabay.

Doon ko lang uli napagtanto ang lagay nila sa BIS.

'Suspended nga pala siya--candidate for expulsion pa! Tsk!'

"A-Ah, kailan nga pala ang balik mo sa school?" kunyaring tanong ko kay Parrot.

"Sa Monday."

"Ah, talaga? Eh, siya?" turo ko kay Taguro. Sinadya kong hinaan ang boses ko upang hindi ako madinig ni Taguro na pinagmamasdan ko kung titingin sa'min. Ngunit nung 'di ko marinig ang sagot ni Parrot ay muli ko siyang nilingon at nagitla ako sa nanunuksong tingin niya sa'kin! **"B-Bakit?"** takang tanong ko.

"Bakit mo tinatanong, ha?" mapanuksong tanong niya pa.

"H-Ha? Eh, syempre, may isyu pa siya sa school at suspended siya kaya tinatanong ko kung kailan ang balik niya." pilit akong nagpakapormal sa pagsagot sa kaniya.

"Wushooo!" pang-aasar niya at kumunot naman ang noo ko. **"Sa Monday rin ang balik niya."** bulong niya pa na animong magkakuntsaba kami sa isang biro.

Mayroon sa loob ko ang bahagyang natuwa at hindi ko malaman ang pinagmumulan noon.

'Eh, hindi ba't pagbobotohan pa kung mananatili siya sa BIS? Tch! Anong mangyayari sa kaniya? Tsk! Eh, pakialam ko ba?!'

"Hoy," muling baling ko kay Parrot, inilapit niya pa ng bahagya ang tainga niya. **"'Wag kang assuming dahil mali iyang iniisip mo. Inaalam ko lang at wala akong ibang ibig sabihin."**

"Eh, wala naman akong binabanggit, ah?" inosenteng bulong niya. **"Ikaw rin, *assuming*. Hehehe."**

"Dahil nanunukso ka na akala mo ay ang dami mong alam. Nakakainis ka, alam mo ba 'yon?"

"Eh, bakit ba kasi kailangan pa nating bumulong?" nang-aasar ang tonong bulong niya at natigilan naman ako.

Napapahiyang umatras ako papalayo sa mukha ni Parrot at natatawa naman siyang tiningnan ako. Sabay kaming napatingin kay Taguro na tumatabingi na naman ang ulo na animong pinag-aaralan ang ginagawa namin.

'Damn it! 'Wag kang mag-imagine, Taguro!'

"Ano ang ginagawa niyo?" inosenteng tanong ni Taguro.

"A-Ah, hahaha! May pinag-uusapan lang," tugon ko. **"Nothing important. Hehehe."**

Tumango siya ngunit halatang hindi siya naniniwala. **"Hindi kayo bagay."**

"What!?"

"Kayo ni Naih--hindi kayo bagay."

"Sino ba ang may sabi sa'yong bagay kami, ha?!"

"Wala. That's why I'm telling you, *hindi* kayo bagay," nakangisi nang tugon niya.

"Shut up, Maxpein, you're making him angry," sabad ni Parrot.

"Tigilan mo nga ako sa pang-aasar mo, ha, Taguro." angil ako. Sisigawan ko pa sana siya ngunit naaagaw ng apat na baklang papalapit sa'min ang atensiyon ko. Kabadong nagpapalit-palit pa ako ng tingin sa dalawang bakla na biglang tumabi sa'kin. **"Why are you here?"**

"You can call me Beka and I'm free! Let's have fun tonight!"

"What?" kabadong tanong ko ngunit hindi ako nagpahalata. Hindi niya ako sinagot, manapay dahan dahan niyang inihawak ang hintuturo niya sa labi ko, pababa sa baba ko at papunta sa buko ng lalamunan ko. **"Ano ba?"** angil ko tsaka tumayo. Ngunit muli niyang idinikit iyon sa tuktok ng balikat ko at unti-unti niyang ibinaba iyon sa dibdib ko.

'Nakakadiri!'

"BWAHAHAHAHAHA!" nagtawanan silang lahat lalo na si Parrot. Si Taguro ay hindi tumatawa pero halatang natatawa na rin siya. Bahagya pa siyang nagulat nang makita ang masamang tingin ko sa kaniya at nagpanggap na hindi natatawa.

"'Wag niyo nga akong pagtrip-an!" singhal ko. **"Kapag hindi niyo ako tinigilan--!"**

"Ano??" biglang sugod ni Beka sa mismong mukha ko.

"Umalis ka nga!" tinabig ko siya papalayo. Ngunit bumalik siya sa harapan ko at tumitig sa mismong labi ko habang dinidilan ang sariling labi niya.

'Nakakadiri!'

Naiiwas ko ang mukha ko papalayo sa kaniya at binigyan siya ng nandidiring tingin.

"Ang yummy mo kaya!" bulalas pa ni Beka at mas lalo akong nandiri. **"Hahaha! 'Wag ka ng pa-hard to get, mahal!"** anas niya tsaka sinimulang hawak-hawakan ako sa braso kaya iniwas-iwas ko ang mga iyon.

"Stop! Stop! Stop it!"

"BWAHAHAHAHAHAHAHA!" mas lumakas ang tawanan nila.

"Sige na, mahal!"

"Tigilan mo na sabi akong bakla ka, eh!"

"Mahal, please?!"

"Enough," pigil ni Taguro at doon lang natigilan ang lahat. Napapalunok akong nilingon siya at napakurap nang makitang nasa akin ang paningin niya. Bahagya siyang nakangiti at kumurap din sa'kin tsaka nilingon ang mga kasama niya.

"Ang KJ ni bakla, oh!" angil ni Barb.

"Hahaha! Oo nga! Oh, siya bagets, maupo ka na! Ako si Boy, pero girl ako, okay?" aniya na itinuro pa ang tabi niya at pinauupo ako r'on pero hindi ako sumunod. Tumayo siya at humawak sa braso ako! **"Upo na."**

"'Wag mo akong hawakan!"

"Masiyado ka namang choosy! Maupo ka na!"

"Ayaw ko nga!"

"Dito ka," muli akong natigilan at nilingon si Taguro. Nakatingin siya sa'kin at napamaang ako. **"Dito ka,"** pag-uulit niya na pinagpag pa ang tabi niya.

"....." walang salitang namutawi sa bibig ko at nanatili lang akong nakatingin sa kaniya. Ngunit natinag ako nang muling haplosin ni Beka ang hita ko. **"A-Ano ba!"** singhal ko at nagmamadaling pumunta sa gawing iyon ni Taguro.

"BWAHAHAHAHAHAHAHA!"

"Grabe ka, Sensui, takot sa bakla?" pang-aasar pa ni Parrot at nginiwian ko naman siya.

"Dahil hindi nakakatuwa!" singhal ko.

"Maupo ka na kasi! Iinom pa tayo! Brokenhearted ka, eh!" pang-aasar niya at saka ako tuluyang naupo sa tabi ni Taguro ngunit bahagya akong nakaramdam ng pagkahilo.

"Yes! Sa wakas! Lasing na si pogi!" bulalas pa ni Beka at nasapo ko na lang ang sariling noo.

"Ayos ka lang?" kalmadong tanong ni Taguro at agad ko siyang nilingon. Bakas ang pag-aalala sa mukha niya lalo na sa mga mata dahilan upang muling makaramdam ng haplos ang puso ko. Hindi ako nakapagsalita kaya tumango na lang ako. **"'Wag ka ng uminom."**

"Ayos lang ako."

"Oo nga, pero tigilan mo na dahil magdadrive ka pa."

"Ikaw rin naman, ah? Kaya ko pa."

"Ikaw bahala," malamig ang tonong tugon niya tsaka iniiwas ang tingin niya. Naiwan naman akong nakatingin sa kaniya.

'Nakakainis! Ano ba ang nangyayari sa'kin?'

"YIIIIIIEEEEEEEEEE!" nangibabaw ang panunukso ng mga bakla pati ni Parrot kaya asar akong nilingon sila.

"Tch! Para saan ang *yiiee*?!" singhal ko.

"May something kayo!" ani Barb.

"Anong something?"

"May spark!"

"A-Ano? Wala, ah!"

"Meron, eh! Yiiieeee!"

"Wala sabi! Wala!"

"Edi wala! Kung makatanggi naman 'to akala mo pilit na pilit! Tse!" mataray niyang singhal. **"Magtabi kayo riyan dahil pareho kayong sira-ulo!"** nagkatangininan kami ni Taguro tsaka sabay na nilingon siya. **"Joke 'yun, bawal magjoke?"**

"BAWAL!" sabay naming tugon ni Taguro dahilan upang magitla silang lahat. Kami man ni Taguro ay natigilan at nagpakiramdaman.

"Ay?" pagbabasag ni Jep sa katahimikan. **"Eh, kung ganiyan ba naman ng ganiyan ang reaksiyon at kilos niyo, sino ang hindi manunukso?"**

"Tch!"

"Tss!"

"Oh, 'di ba? Pareho kasi kayong--"

"Shut up!" sigaw ko sa kaniya at muli silang nagtawanan.

Nagtuloy lang ang inuman namin at hindi na namin pare-parehong namamalayan kung gaano na karami ang naiinom namin. Lalo na ako.

"Nako! Hahaha! 'Wag niyo ng painumin 'yan si Sensui dahil magdadrive pa 'yan!" dinig kong ani Parrot. Nararamdaman ko na ang kapangyarihan ng alak sa kabuuan ko at pilit ko na lang itong nilalabanan.

"Ngayon lang natin siya nakabonding kaya 'wag kayong KJ! Wala naman kayong pasok bukas!" ani Boy.

"May trabaho kami ni Naih," sagot ni Taguro kaya napalingon ako sa kaniya. Pareho kaming nakasandal pero nakahilig ang ulo ko sa sandalan at pinagsasawa ang mga mata sa pagmamasid sa bawat kilos at reaksiyon niya. Bigla niya akong nilingon ngunit hindi ako natinag, blangko pa rin ang mukha niya.

'Napakasakit ng pinagdaanan mo. Hindi ko kakayanin ang ganong sakit, Taguro.'

"Bakit kailangan mo pang magtrabaho kung kaya mo namang bumuhay ng libu-libong tao?" natatawang tanong ko. Mayaman sila kaya hindi ko talaga maintindihan kung bakit kailangan niya pang pahirapan sa pagtratrabaho ang sarili niya. Maingay pa rin ang paligid pero pakiramdam ko ay dalawa lang kami.

Ikiniling niya ang ulo paharap sa'kin. **"Dahil gusto kong magsikap,"**

"Saan?"

"Ayaw kong tumanggap ng kahit na ano galing sa mga magulang na kinikilala ko, kilala mo na ang tinutukoy ko."

"Hindi pagsusumikap ang tawag d'yan," asik ko. **"Kaya kang tulungan ng pamilya mo, ikaw lang ang may ayaw. Walang mangyayari sa'yo kung ikaw pa ang magmamalaki sa kanila, Taguro."** lakas-loob na dagdag ko habang ninanamnam ang pag-ikot ng paligid ko.

Naramdaman kong natigilan siya bago sandaling natawa. **"Hindi ako nagmamalaki, Sensui, wala rin akong gustong patunayan sa kanila. Pero gusto kong matutong magsumikap hindi para sa ibang tao kundi para sa sarili ko. Sa tingin ko ay ito lang ang paraan para matulungan ang sarili ko."**

"Tch! Paano mo naman natulungan ang sarili mo sa pamamagitan ng pagpapahirap sa sarili?"

"Hindi ko naman pinahihirapan ang sarili ko, naghihirap lang ako para kumita ng pera."

"Yeah, right. Pero ganon na rin 'yon, 'di ba?" tanong ko tsaka bahagyang sininok. **"Hindi mo na kailangang magtrabaho dahil tulad nga ng sinabi mo, ibinibigay naman nila ang lahat ng kailangan mo--pati nga kamo 'yung hindi mo kailangan ay ibinibigay nila. Eh, para saan pa ang pagtratrabaho mo sa ganitong klase ng lugar? Imbes na makapagfocus ka sa pag-aaral mo, nagtratrabaho ka."**

"Nauunawaan kita, ang totoo, kahit na pinaalis nila ako noon at pinadala sa Korea, sustentado pa rin nila ako at umaapaw ang pera ko sa bangko. Kailanman ay hindi ko ginalaw iyon sa pansarili kong pakinabang," pormal na tugon niya.

'Kasi nga, mayabang ka!'

Ngumiwi ako. **"Bakit nga? Ikaw na rin ang may sabi, bakit kailangan mo pang pahirapan ang sarili mo kung may paraan naman para mapadali ito?"**

"Sa ganitong paraan ko kasi nakikita ang sarili ko para matuto."

"Matuto ng ano?"

"Ang pahalagahan kung ano ang meron ako."

"Bakit naman?"

"Malaki rin ang halagang sinayang ko nang bumagsak ako't magloko, kulang pa 'to para mapagbayaran ko iyon."

"Pero mas matutuwa sila kung mag-aaral ka na lang ng mabuti."

"Hindi ko pinababayaan ang pag-aaral ko, Sensui."

"Tch. Sinisingil ka ba nila?"

"Hindi."

"Ayon naman pala, eh! Bakit nagpapakapagod ka pa? Tanga ka rin, eh, 'no?" lakas-loob na tanong ko sabay sinok.

"Isa rin 'to sa paraan ko para maging abala. Hindi ko kailangan ng oras kung saan nakakapagpahinga ang isip ko at libreng maglayag ang diwa ko," pormal at seryosong anas niya at natigilan naman ako. **"Ayaw ko ng oras na wala akong ginagawa, Sensui, hindi ko kailangan iyon,"** dagdag niya at kumunot naman ang noo ko. **"Kung hindi mo maintindihan ay 'wag ka na lang magtanong."**

Sandali akong natigilan. Dumilim ang mukha niya at batid kong hindi niya nagustohan ang paraan ko ng pagsagot sa kaniya. Kinuha ko na lamang ang baso ko upang tumungga ng alak tsaka pabagsak na sumandal sa couch,

naramdaman kong nilingon ako ni Taguro kaya napangiti ako habang nakapikit.

"Mas astig ang motor kaysa kotse!" nangibabaw ang napakalakas na tinig ni Parrot. **"Ilang taon akong nagkotse, hindi naman ako napapansin! Laging 'yung kotse ko lang! Eh, kapag motor? Astig na 'yung motor ko--mas astig pa ako!"** nagmamayabang pang aniya.

"Oo nga, pero takaw-aksidente ang motor, bakla!" ani Barb.

"Oo naman, lalo na sa mga mayayabang sa kalsada. Talagang takaw-aksidente iyon kung hindi ka marunong sumunod sa patakaran. Hindi naman ako kaskasera, 'no!"

"Wow, hindi raw? Kaya pala! Umuusok pa ang lupa sa t'wing aalis ka, gaga!"

"Ha? Talaga? Hahaha! Yabang na ang tawag doon, bakla, hindi na pagiging kaskasera 'yon. Makapagyabang lang. Bwahahaha!"

"Tse! Edi turuan mo nga ako!"

"Stop me! Baka magasgasan mo pa ang motor ko! No way!"

"Eh, di papalitan ko!"

"Hindi ka na makakakita ng ganiyan ngayon, Barb. It's a limited editon," payabang pa ring anas ni Parrot.

"Ows? Eh, di 'yung kay Maxpein na lang--tapos turuan mo 'ko!"

"Nako! Asa ka namang pahihiramin ka niyan? Ako pa lang ang nakakaangkas sa motor niyan, 'no! Once palang nangyari 'yon at hindi na naulit! Hindi nga siya nag-aangkas sa motor niya, eh--ipahiram pa kaya? Malabo!"

Napaigtad ako sa sinabing 'yon ni Parrot. Tumingin ako kay Taguro na kasalukuyang sumisimsim sa baso tsaka ko muling inaninag si Parrot.

'Bakit naman hindi siya nag-aangkas? 'Wag niyang sabihin na may panibagong hinanakit na naman siya patungkol sa mga sasakyan? Tch!'

"Bakit naman?" sa wakas ay nagtanong si Barb. Bahagya kong itinuon ang mga siko sa tuhod ko upang mas makapakinig sa kanila.

"Dahil ayaw niyang mag-angkas, bakla. Kaya kapag nakaangkas ka sa motor niya--magpataob ka ng sampung baka at magpatawag ng piyesta dahil imposible 'yun! Imposible!"

"Maski si Randall ay hindi pa nakakasakay?" wala sa sariling naitanong ko at taka naman silang nilingon ako.

Tinanguan ako ni Parrot. **"Eh, hindi pa kasi motor ang gamit niya nung sila pa ni Randall, nakakotse pa siya n'on."**

"Ah."

"Nagmotor lang siya nung makabalik siya rito dahil binago niya ang *lahat*. Bwahahahaha!"

"Oo, tama na, 'wag na nating pag-usapan 'yan dahil umuusok na ang tainga ng bakla," saway sa'min ni Barb.

Nilingon ko si Taguro at tinitigan.

'Bakit ba napakawirdo mo--hindi ka naman maganda? Tch! Kunsabagay, hindi naman kailangang maging maganda para maging wirdo. Hehehe! Tanga!'

"Ayos ka lang ba?" tanong niya at doon ako natinag. Tumitig ako sa mga mata niya at ayon na naman iyong pakiramdam ng panghihimasok niya sa kaluluwa ko at inaalam ang tunay kong nararamdaman. **"Woi, ayos ka pa ba?"**

"Oo naman," utal na tugon ko.

"'Wag kang mahiga."

"Hindi naman ako nahihiga, Taguro."

"Mm, baka mahilo ka," anas niya tsaka tiningnan ang kabuuan ng mukha ko habang nakakunot ang mga noo niya. **"'Wag ka ng uminom, nahihilo ka na."**

"Tch. Paano mo naman nalaman?" nakangising tanong ko sabay sinok. Hindi niya ako sinagot at tumingin lang siya sa'kin, nilabanan ko ang nakakalunod na titig na iyon hanggang sa ako rin ang sumuko.

"Magdadrive ka pa, baka kung mapaano ka," mahinang tugon niya, natigilan ako tsaka muling tumitig sa kaniya pero iniiwas niya na ang mukha niya't nakinig sa usapan ng mga kaibigan niya. **"Bakit ba titig na titig ka sa'kin?"**

Biglang nanlaki ang mga mata ko. Pakiramdam ko ay bumaba lahat ng epekto ng alak sa paanan ko at bumalik ang katinuan ko!

'Napakaprangka naman nitong buwisit na 'to!'

"H-Hindi naman kita tinititigan, 'wag kang assuming."

"Nararamdaman ko ang bawat tingin mo sa'kin, Sensui," mahinang tugon niya, 'yung tipong kami lang ang makakarinig. **"At tigilan mo na 'yan."**

"Bakit? Naiilang ka ba sa'kin?" nakangising tanong ko at napailag ako nang lingunin niya ako.

"Hindi. Ikaw ba?" tanong niya tsaka tumitig sa'kin. Ayon na naman ang kakaibang epekto ng titig niya sa'kin. Masama pero hindi nakakatakot.

Napasinghap ako ng hangin nang alisin niya ang tingin sa'kin!

'Damn it! What are you doing to me? Hindi na 'to normal, may ginagawa ka sa'kin at hindi ko alam kung ano, Taguro. Tigilan mo ang ginagawa mo, h-hindi ko na 'yan nagugustohan.'

"'Wag ka ng uminom--huling babala na 'yan," mahinang utos niya habang nakatingin sa baso niya tsaka animong lalaki na tinungga iyon.

"Tch! Ikaw ba ang magbabayad at pinipigilan mo akong uminom?" asik ko tsaka yumuko upang kunin ang bote para makapagsalin pero agad niya iyong naagaw. Nadoble ang paningin ko nang subukin kong agawin pabalik ito. **"A-Ano ba, Taguro?"**

"Tigilan mo na, wala akong balak mag-alaga ng lasing."

"Tch! At sino namang may sabi sa'yong magpapaalaga ako sa'yo? Asa! Hahaha!"

"Kaya 'wag ka ng uminom."

"Ano bang pakialam mo? Buhay ko 'to. At isa pa, dati ka nang walang pakialam sa'kin, sanay na ako r'on."

'Pakialamerang--TAGURO!'

"Kanina pa ako wala rito kung wala akong pakialam sa'yo, sa ngayon, itigil mo na ang pag-inom kung ayaw mong ilabas kita rito."

Napamaang ako. Napakahina ng sinabi niya pero ramdam ko ang awtoridad doon.

'Kakaiba.'

Humilig ako sa couch at hindi naiwasang tingnan siya. Nakasandal lang siya at nakikitawa sa kanila.

'Wala kang kuwenta kahit kailan, Taguro.'

Bigla niya akong nilingon at napalunok ako, pakiramdam ko ay nalalaman niyang parati ang mga sinasabi ko sa isip ko.

"Titigan mo lang ako hangga't gusto mo, pero hanggang doon lang," nakangising bulong niya tsaka idinampi ang dulo ng hintuturo niya sa tangos ng ilong ko. Napalunok ako ng dahil doon.

Nanatili akong nakatitig sa kaniya at hindi ko na namalayan ang mga sumunod na nangyari.

Kinabukasan.

Nagising ang diwa ko at agad na dumaloy sa mga ugat ang dugo ko papunta sa ulo ko at nag-iwan ng matinding sakit doon. Nasapo ko ang ulo ko sa sobrang sakit at saka marahang nagmulat ng mga mata, tumama ang paningin ko sa pamilyar na kisame.

Daglian akong napabalikwas ng bangon at inilibot ang paningin ko.

"Paano ako nakauwi mag-isa rito?" bulalas ko. Dali-dali akong bumangon at kinuha ang robe at tuwalya ko tsaka naligo.

Habang nasa shower ay isip ako ng isip. Kung anu-anong tanong ang namuo sa isip ko. Pilit kong inaalala ang huling nangyari pero burado na ang lahat at tanging mukha lang ni Taguro ang nagpapaulit-ulit sa paningin ko.

'Damn it! Anong nangyari!?'

Kinapa ko ang sarili ko tsaka napailing sa inis.

"Wag kang bading, Deib, hindi ka babae para ma-rape! Tch!'

"Badtrip! Bakit hindi ko maalala kung paano akong nakauwi?" inis na asik ko sa sarili habang minamadali ang pagligo.

Nang matapos ako ay agad akong bumaba at sinalubong naman agad ako ng parents ko.

"Good morning, baby!" nakangiting bungad sa'kin ni Mom.

"Mom," bati ko tsaka humalik sa pisngi niya. **"Dad."**

"Good morning, Deib Lohr. Maupo ka."

Hinintay kong matapos si Mommy sa ginagawang paghahain sa mesa tsaka ako humarap sa kanila.

"Paano ako nakauwi kagabi, Mom?" takang tanong ko.

Sumimangot agad si Mommy. **"Ah, hindi talaga maalala ng baby ko. Inihatid ka ni Maxi, baby."**

"W-What?" gulat na tugon ko. **"Si Taguro?"**

"Anong Taguro?"

"Si Max. Tch."

"Yes, baby, inihatid ka ni Maxi. Ang sabi niya ay sobrang nalasing ka raw kaya inihatid ka na niya."

"Bakit nga ba naglasing ka?" salubong ang kilay na sabad ni Daddy dahilan upang tumiklop ako. **"May problema ba, Deib Lohr?"** bakas ang bahagyang galit sa tono niya. **"Hindi ka rin namin mahagilap sa bahay ng mga Echavez kagabi. Ang Ate mo at si Randall ay late na nang nakauwi, hindi ko malaman kung saan ba kayo nagsususuot!"**

"Huwag mo nang pagalitan ang anak mo, Lohrton," awat ni Mommy.

"Hindi ko siya kinagagalitan, Lacey. Pero hindi ko lang gusto ang ginagawa nila at ang mga nangyayari. Si Dein Leigh ay hindi makausap ng maayos simula pa kagabi at panay lang ang iyak niya na hindi mo mawari ang dahilan. Ito namang si Deib Lohr ay hindi

mahagilap sa bahay ng mga Echavez at nung makauwi ay lasing naman? Ano nga ba talaga ang nangyayari sa inyo? Mayroon ba kaming hindi nalalaman, Deib Lohr?" baling sa'kin ni Dad. Bigla namang dumating si Manang kaya sandaling naputol ang usapan at hindi pa ako nakakasagot, nagkaroon ako ng oras upang makapag-isip.

'Tsk! Ano ba ang sasabihin ko? Sasabihin ko bang dahil kay Kim? Pero paano? Alam naman nilang hindi kami! Tch!'

"Ano ang nangyari sa iyo kagabi, hijo?" may bahid ng pag-aalala sa tono ni Manang pero hindi ko siya nagawang sagotin.

'Pero sa tingin ko ay maiintindihan naman nila dahil kahit naman hindi naging kami ni Kim ay umasa talaga ako kaya naman nasaktan ako sa nangyari! Oo, tama, Deib! Maiintindihan ka ng parents mo dahil hindi porket guwapo ka ay hindi ka na masasaktan! Hindi ka marunong magsinungaling kaya kailangang mong magpakatotoo! Mas maiintindihan ka nila dahil lalaki ka at guwapo!'

"Deib Lohr!" singhal ni Daddy dahilan upang mapanguso ako't bumalik sa ulirat.

"Dad."

"Ano na? Where have you been last night? Bakit lasing na lasing ka nang makauwi? Sobrang nag-alala kami ng Mommy mo!" asik niya.

"Pero hindi naman ako nagalit kay Deib, Lohrton," paglalambing ni Mommy kay Daddy upang pagtakpan ako sa galit nito.

"Hindi ka nagalit dahil si *Maxi* ang naghatid sa anak natin, Lacey! Pero si Maxi mismo ay hindi rin nagawang makapagpaliwanag at sinabing si Deib na lamang ang tanongin natin!" angil niya rito tsaka muling bumaling sa'kin. **"That is why I'm asking you right now, what happened to you last night? Saan ka ba nanggaling?"**

"Dad, please, let me explain," kabadong pakiusap ko, galit na talaga si Daddy at kinakabahan ako r'on. Madalang siyang magalit at manigaw. **"Nalaman ko kasing may boyfriend na si Kim, h-hindi ko po kinaya, Dad,"** napapayukong kuwento ko.

"WHAT?!" sabay sabay na tanong nina Mom, Dad at Manang.

'Damn it! Hindi ko puwedeng sabihin na si Randall ang boyfriend ni Kim dahil yari naman ako kay Noona! Sasabihin ko na lang na hindi ko kilala at kapag alam na nila ay tsaka uli ako magpapaliwanag! Tsk! Badtrip naman, oh!'

"Oh my God, are you okay, baby?" nag-aalalang tumayo si Mom tsaka pumuwesto sa likuran ko at yinakap ang mukha ko.

"I'm okay now, Mom."

"I'm sorry, we didn't know."

"Aba, eh, hindi man lamang ba nasabi sa iyo na may nobyo na siya, hijo?" nag-aalala rin na tanong ni Manang.

Umiling ako. **"Kaya nga po nasaktan ako, Manang. Hindi man lang niya muna kasi ako binasted. Hinintay niya pa talagang makarating sa'kin, na malaman ko ang totoo. Tsk. Kahapon ko lang nalaman 'yon kaya po hindi ko na nagawang bumalik kila Randall."**

"Naiintindihan kita," ani Dad at nilingon ko naman siya. **"Naiintindihan ko rin ang pinagdaraanan mo, son, pero bakit si Maxi ang kasama mo?"** asik niya at natinag naman ako. **"Hindi ba't kaaway mo kamo siya? Paanong nangyari na kayong dalawa pa ang magkasama?"**

"H-Hindi na po kami magkaaway, Daddy, magkaibigan na po kami."

"Omo!" bulalas ni Mommy na ikinagulat namin pare-pareho. **"Really?"** hindi makapaniwalang hiyaw ni Mommy. **"Yieeeeeeee!"**

"Lacey?" saway sa kaniya ni Dad at naitikom niya naman ang bibig niya tsaka ngumisi ng ngumisi.

Kumunot ang noo ko. **"What, Mom?"**

"Yiieee! You're friends now, baby?"

"Yes, I guess?"

"Omo! That's nice! Sweet!"

"Huh? Anong nice r'on, Mom?"

"That you're friends already!"

'Tch! Wala pa ring dahilan para matuwa siya. Pero dahil matalino ako, sasakyan ko na lang siya.'

"A-Ah, hahahaha! Yes, Mom. Because I'm friendly, that's why we're friends now."

"Ah, so you're friendly, huh?" nakakalokong tanong ni Mom at napangiwi naman ako.

"Pero paano niya ako naiuwi?" wala na naman sa sariling tanong ko. **"May mga kasama naman kami, eh. Tch! 'Yung mga baklang 'iyon,"** tsaka ako bumlaik sa ulirat at tumingin kay Mom. **"Wala po ba siyang kasama na maghatid sa'kin?"**

"Hindi na namin nakita, baby, dahil nung dalhin ka niya rito ay hindi na siya pumasok at nakipag-usap pa sa'min dahil ang sabi niya ay nakainom na rin siya at kailangan nang umuwi," si Manang ang sumagot.

"Mm, at sa sobrang pag-aalala namin sa iyo ay ikaw na ang mas nauna naming intindihin," dagdag pa ni Dad. **"Tulog na tulog ka at nangangalingasaw ang amoy ng alak sa iyo, son. Umuungol-ungol ka pa at nagpupumiglas! Sino ang hindi mag-aalala sa iyo? Tsk tsk tsk."**

"But I'm willing to visit Maxi now, to check on her," prisinta ni Mommy at napaigtad naman agad ako.

"No, Mom, I'm sure she's fine."

"Hindi ko man lang siya napasalamatan sa paghahatid sa'yo, baby."

"Ako na lang po ang magsasabi, hehehe."

"Oh, eh, ano na ang pakiramdam mo ngayon? Ayos ka lang ba?" nag-aalala pa ring tanong ni Dad.

Tumango naman ako. **"Yes, Dad. Medyo masakit po ang ulo ko pagkagising pero ngayon ay medyo ayos na."**

"Sa susunod ay huwag kang magpapakalasing ng sobra sobra kahit pa nasa tamang edad ka na, Deib Lohr," nangangaral ang tonong ani Dad at tumango naman ako bilang tugon. **"Ayaw ko ng ganiyan at baka ikapahamak mo iyan. Mas gugustohin kong pumunta kayo rito ng mga kaibigan mo at dito kayo magsalu-salo at magkatuwaan. Hindi magandang ideya ang nasa labas, maasahan ba kita?"**

"Yes, Dad."

"Nakapag-usap na ba kayo ni Kim?"

"Hindi pa po."

"Oh, eh, bakit naglasing ka na?"

"E-Eh, Dad, alam ko at sigurado akong wala na talaga akong pag-asa sa kaniya."

"Paano mo namang nasiguro?" tanong niya at natigilan naman ako, tumitig sa kaniya ng deretso.

"H-Hindi niya po kasi gagawin sa'kin 'yun kung una palang ay gusto niya na talaga ako," pagpapakatotoo ko, sa sarili at sa kanila. **"Kahapon ko lang napagtanto kung ano talaga ako sa kaniya."**

"Oh my God," ungol ni Mommy. **"I hope you're okay, baby."**

Bahagya akong ngumiti. **"I'm okay, Mom, trust me. Mas okay na 'yong ginawa niya 'yun ng hindi naman kami kaysa gawin niya 'yon**

habang kami."

"That's my son!" bilib na ani Dad at napangiti naman ako.

Marami pa silang itinanong sa'kin at karamihan doon ay nasagot ko, sandali pa kaming nagkuwentuhan at naging masaya naman ang agahan namin.

Halos naubos ang oras ko kaiisip at kai-imagine kung paano ako nakauwi rito? Paano ako inihatid ni Taguro? May kasama ba siya? Bakit nalasing ako ng sobra? Bakit at paano ako nakatulog? Bakit hindi niya ako ginising?

'Nakakainis! Ang dami dami na namang tanong sa isip ko nang dahil sa'yo! At talagang hindi mo ugali ang manggising, ah? Hindi man lang ako nakapagpasalamat sa'yo at kasalanan mo na naman 'yan! Tch! Hindi man lang nagpaalam sa'kin.'

May kung anong nakakayamot na hatid ang isiping iyon.

Naubos ang oras ko kaiisip, magdamag akong nakahiga, nakatitig sa TV pero okupado ang isip ko. Pilit kong inaalala kung paano akong nadala rito ni Taguro pero tanging mukha lang talaga niya ang lumalabas sa paningin ko.

"Damn it! Ano ba ang nangyayari sa'kin? W-Wala naman sigurong ibig sabihin 'to, 'di ba?" pangungumbinsi ko pa sa sarili. Inis akong bumangon sa kama, pumunta sa study tsaka nag-aral. Ginugol ko ang sandaling iyon sa pagbabasa, may maintindihan man o wala. Kailangan niyang mawala sa isip ko.

Kinagabihan, mas nadagdagan ang laman at mga tanong sa isip ko. Naiisip ko kung ano ang mangyayari bukas, araw iyon ng Lunes. Sinu-sino kaya ang boboto kay Taguro para matanggal sa BIS? O may boboto kaya para manatili siya?

'Tsk! Ang hirap hirap mag-isip!'

Inis akong hinablot ang cellphone ko at tinawagan si Tob.

"Oh, hello, dre? Ano? Okay ka na?" tanong agad niya.

Napabuntong-hininga ako. **"Mm, okay na rin siguro."**

"Putsa, dre, hindi ko alam kung paano kita kukumustahin, eh! Nag-aalala ako ng sobra sa'yo!"

"Salamat."

"Hindi pa rin talaga ako makapaniwala sa mga nangyari, sshhk!" malakas na asik niya sa kabilang linya. **"Ang gulo gulo talaga! Kailan ba masasagot ang mga tanong ko at magiging maayos ang lahat? Ang wiwirdo ng mga nakakasalamuha natin ngayon! Lahat panigurado ay**

awkward na dahil nasa iisang lugar lang tayo at madalas magkikita kita," dagdag niya. **"Oh, eh, bakit napatawag ka nga pala?"**

'Sa wakas, natapos din ang pagdaldal niya. Kung magsasama siguro sila ni Parrot at hindi nila mamamalayan ang oras. Tch!'

"Tungkol kay Taguro--"

"Naaaaaay!" agad na pang-aasar niya.

"Hoy! 'Wag kang mag-imagine!" singhal ko at natawa naman agad siya.

"Oh? Ano na nga pala ang nangyari sa inyo? Anong drama mo kagabi, dre? Bwahahahaha! Nagpaiwan ka pa talaga, ah? Naaaaay!"

"Shut up, Tob! Tch! Gusto ko lang malaman kung paanong nangyari lahat iyon kaya ako nagpaiwan!"

"Sshhk! Paano nga ba nangyaring ex-boyfriend ni Randall si Taguro na nagpaubaya naman kay Dein? Ha! Hindi ko akalaing makakasaksi ako ng ganito sa mismong harapan ko dahil akala ko ay sa tv lang nangyayari 'yan! Psh! Buong oras pala ay magkakakilala sila at talagang hindi man lang sila nag-abalang sabihin satin kung anu-ano sila sa isa't isa, ah?" sarkastikong anas niya.

"Ganiyan din ang nararamdaman ko."

"Eh, ano nga? Hindi ka man lang nagkukuwento, Enrile!"

"Paano--ang daldal mo! Mas marami ka pang sinasabi kaysa sa'kin!" singhal ko at natawa naman siya.

"Sorry, dre, hahaha! Ang bagal mo kasing magkuwento, eh? Oh? Anong napala mo sa pagpapaiwan mo, dre?"

"Nag-usap kami at h-hindi ko alam kung tama bang sabihin ko pa ito sa'yo--"

"Wow!" bulalas niya dahilan upang matigilan ako. **"Nagkakuwentuhan lang kayo--nagsikreto ka na sa'kin?"** sumbat niya. **"Bakit? Si Taguro na ba ang bestfriend mo ngayon o talagang may gusto--"**

"Sige na! Sige na! Sasabihin ko na! Peste ka!" angil ko. **"Manunukso ka na naman panigurado! Ugaling ugali mo 'yan, eh, 'no? Bagay na bagay kayo ni Parrot, alam mo ba 'yun?"**

"Kadiri ka naman, dre! Ang ingay ingay nun, eh!"

"Parang ikaw, dre! Ganiyan na ganiyan, parehong pareho kayo. Tch! At least si Parrot--babae, kaya ayos lang na mag-ingay! Eh, ikaw? Kalalaki mong tao--ang ingay ingay mo!"

"What the hell is going on with you, dre? Haha! Ako na ba ang kontrabida ngayon, ha? Sinabi ko na nga ba't Pro-Taguro ka na, eh! Tsk tsk! Kay Michiko lang ako, okay? Wala na bukod sa kaniya! Kay Lee na lang 'yang Parrot na 'yan dahil siya ang Lonely Boy!" pang-aasar na naman niya. **"At sa susunod, 'wag mo na subukang ibahin ang usapan dahil lalo lang kitang aasarin! Magkukuwento ka ba o mag-i-imagine na lang ako? Hahaha!"** paninindak niya.

Inilahad ko ang buong detalye kay Tob. Ang bawat pangyayari at usapan ay idinetalye ko sa kaniya at syempre, gaya ng inaasahan ko ay puro pang-aasar sa kalagitnaan ng pagiging seryoso ko, ang inabot ko sa kaniya. Si Tob lang ang may kakayahang mang-asar habang seryosong nakikinig. May mga oras na natatawa pa ako sa t'wing maaalala ko ang reaksyon at ekpresyon ng mukha ni Taguro at kadalasan ay nakakaramdam ako ng inis dahil sa mga sinasabi at pagdadahilan niya habang nagkukuwento ako kay Tob. Pero ang higit sa lahat na naramdaman ko at hindi mawala sa sistema ko ay ang *AWA*--na kaunting kaunting kaunti lang naman--dahil sa sakit na naranasan niya. Si Tob man ay nakaramdam din ng awa para kay Taguro pero dahil nga loko-loko siya ay lamang pa rin ang pagtawa niya at kadaldalan niya.

"Hoy! 'Wag na 'wag mong ipagsasabi 'yan, ah?" banta ko. **"Kapag kumalat 'yan--alam kong ikaw ang suspect!"**

"Bwahahahaha! Bakit ako, dre? Eh, ikaw nga riyan, sinabi mo agad sa'kin! Madaldal ka rin ibig sabihin!"

"Hoy, Tob! kaya ko sinabi sa'yo 'to dahil alam kong hindi mo ako titigilan sa panunukso mo! Walang meron sa'min ni Taguro, nag-usap lang kami, okay?"

"Wala naman akong sinabing meron sa inyo ni Taguro, ikaw lang ang pilit na naglalagay ng mali sa'kin, dre! Ang sa'kin lang, bestfriends tayo, 'di ba Sa hirap at ginhawa, dapat ay magkasama tayo! Sinosolo mo si Taguro, eh!"

Nanlaki ang mga mata ko. **"Anong sinosolo? Kasama namin 'yung mga kaibigan niyang bakla! Tsaka, paano ka makakasama, eh, alam ko namang hindi magkandaugaga 'yang puwet mong makasama si Michiko! Tae ka!"**

"Hahaha! Eh, di next time, dre, galit ka talaga agad, eh, 'no? Hindi ko malaman kung nahahawa ka na kay Taguro o gusto mo lang talaga siyang masolo! Bwahahahaha! Naaaay!"

"Tch! Manahimik ka na, Tob, ah? Hindi na ako natutuwa sa'yo," banta ko.

"Kunyari ka pa, hahaha! Oh, eh, di ba't bukas na ang balik nila sa school?" tanong niya at umungol ako bilang tugon. **"Eh, di excited ka na?"**

"Ano? B-Bakit ako mae-excite? Tch!"

"Syempre, makakasama mo na si Taguro! Hahaha! Makikita mo na siya lagi--"

"Shut up, Tob!" inis na pigil ko sa kaniya. **"Mawala man siya o hindi sa BIS--wala akong pakialam! Pero hindi ibig sabihin non ay galit pa ako sa kaniya, hindi ko maitatanggi na naiinis pa rin ako. Tsaka hindi pa naman siguradong tatanggapin siya uli sa BIS."**

"Matatanggap 'yon, dre."

"Paano mo nasabi?"

"Putsa, kahit na sabihin mong anak siya sa labas ng Daddy ni Maxwell--sa tingin mo ay pababayaan ng mga Moon 'yon? Bwahahaha! Takot lang ng mga students sa'tin kapag hindi nila ibinoto na makapagstay si Taguro! Kaya 'wag kang mag-alala dahil makakapagstay siya!"

"H-Hindi ako nag-aalala, okay? Wala pa rin akong pakialam!"

"Whatever, Enrile! Hahaha! Oh, siya, siya, sige na! Magkita na lang tayo bukas, dre, inaantok na ako."

"Teka, may practice ba tayo bukas?"

"Bakit? Gusto mo na bang pumasok ng maaga?" pang-aasar na naman niya.

"Tinatanong ko lang!"

"Wala! Hahaha! Pero kung gusto mong magpractice mag-isa ay puwede rin naman, pabor pa 'yon kay Coach, hahaha! Sige na! Bading na bading ka talaga, eh, 'no? Kung makipagtsikahan ka, dre, pangdalaga! Hahaha!"

"Tch! Sige na! Bye!"

"See you tomorrow, *Sensui*!" mariing pang-iinis niya tsaka ibinaba ang linya. Inis akong tinitigan ang screen at inambaan iyon ng suntok.

Bigla namang pumasok si Mommy kaya natinag ako. Nakangiti siyang lumapit sa'kin at may dalang gatas, baby pa rin niya talaga ako.

"Ang aga namang magpahinga ng baby ko?"

Bumangon ako at inalis ang kumot ko. **"Mom."**

"Narinig ko ang sigaw mo, hihihihi! Kaya bumaba ako at kumuha ng gatas para dalhin sa'yo. Here baby, pangpatibay ng buto! Yiiieee!"

"Mom?" asik ko. **"I'm no longer a kid."**

"I know, gentleman," anas niya tsaka ko deretsong tinungga ang gatas. **"Nakausap ko si Dein."**

"Huk!" muntik akong masamid! Inubos ko ang nasa bibig ko tsaka pinunasan ang labi ko habang nakatingin sa kaniya.

"She told me, everything," anas niya at nanatili naman akong nakatingin sa kaniya. **"Why didn't you tell me, baby?"**

"Na a-ano po, Mom?" maingat na tugon ko.

"Na si Randall pala ang boyfriend ni Kim na nililigawan mo?"

Bumuntong-hininga ako. **"Gusto ko po kasing si Noona na lang ang magsabi sa inyo dahil wala ako sa posisyon para magsabi."**

"Aahh.." nanlulumong anas niya tsaka hinaplos ang balikat ko. **"Sorry to hear that, baby. I know that you're not okay pero sana ay maging okay ka rin very soon."**

"Yes, of course, Mom."

"Good. That's my baby."

"I think I'm more than okay now, Mom."

"Omo! Really? How did that happened?" namamanghang tanong niya.

Umiling agad ako. **"I'm not sure. I really don't know,"** sinserong tugon ko.

Sandali rin siyang natigilan at binigyan ako ng nanunuksong tingin na nawala rin agad. **"I'm happy to hear that, totoo, baby, masaya ako. Minsan ay may mga oras na pilit na lamang nating kinukumbinsi ang sarili natin na okay tayo kahit na ang totoo ay hindi. Sana ay hindi ka ganon,"** may alinlangang aniya at napamaang naman ako. **"Dahil mas okay sa'kin kung sasabihin mong hindi ka okay kaysa sabihin mong okay ka, 'yun naman pala ay hindi."**

"Mom, hindi 'yon tulad ng iniisip mo. Yes, I am hurt, I'm not going to deny that," bumuntong-hininga ako. **"Pero wala kaming relasyon ni Kim para masaktan ako gaya ng inaasahan niyo, ayaw kong pahirapan ang sarili ko. There's nothing between us, Mom. Yes, she was the only girl for me but she was never mine. Who am I to--"**

"Eh, bakit ka pa naglasing kagabi?" nakangiwing tanong niya.

Napailing naman agad ako. **"Kagabi lang 'yon, Mom. Nagalit ako sa kaniya kasi hindi niya man lang ako pinahalagahan. Hindi niya man lang sinabi sa'kin na hindi niya ako kayang sagotin. Ang tagal ko siyang niligawan, Mom."**

"Yes, baby, sayang 'yung effort mo," nakangusong anas niya.

"Hindi ko kailanman pinanghihinayangan 'yung effort na 'yon, Mom, nalibang ako sa pangliligaw sa kaniya kahit hindi niya ako sinagot. 'Yung mga oras na nililigawan ko siya ay hindi ako nagmukhang tanga. Ang totoo, pakiramdam ko n'on ay girlfriend ko na siya. Yes, that's crazy but it's true,"nakangiting tugon ko.

"Aaahh..." animong nata-touch na ungol niya. **"Napakamatured nang mag-isip ng anak ko,"** animong maiiyak na dugtong niya tsaka niyakap ako.

"Mom?" nailang ako. **"Wala naman kasi akong hahabulin sa kaniya dahil wala kaming relasyon. May galit pa rin ako kasi hindi man lang siya nagsabi, maiintindihan ko naman kung sasabihin niya,"** may panghihinayang pa ring tugon ko.

"Hindi kasi lahat ng tao ay may lakas ng loob magsabi ng nararamdaman nila, baby, lalo na kung alam nilang makakapanakit sila."

"Oo nga po."

"Ang ilan ay mas pinipiling manahimik kaysa magsabi," aniya tsaka bumuntong-hininga. **"Actually pumunta ako rito dahil nga nakausap ko si Dein. Hindi niya rin daw alam kung paano ka kukumustahin kaya naman ako na lang ang kinausap niya para tingnan kung ayos ka lang ba talaga. Nag-alala talaga kami sa'yo kagabi dahil hindi ka man lang nagtext o tumawag. Tapos dumating kang lasing na lasing. Buti na lang at inihatid ka ni Maxi, kahit pareho kayong naglasing, hmp."**

"Hindi naman kami nagmukmok nung uminom kami kagabi," nakangiting tugon ko. **"Ang totoo ay puro kami tawanan, Mom."**

"Talaga? Wow!"

"Mm, masaya siyang kausap at kasama. Hindi ako iniwan," bahagyang kuwento ko, ikiniling niya ang ulo at hinaplos ang pisngi ko.

"Yiiieee! Kinikilig ako."

"E-Eh? Saan, Mom?"

"Na masaya kang kasama si Maxi."

"Pero Mommy, hindi 'yon gaya ng iniisip mo. Tch! Oo, tumatawa kami pero wala ng ibang ibig sabihin 'yon bukod doon."

"Yeah, okay," mapanukso ang ngiting tugon niya at ngumuso naman ako. **"Ang init agad ng ulo mo, baby, hihihi!"**

"Eh, parang may ibig ka kasing sabihin, Mom, parang malalim at nanunukso."

"Wala, baby, ikaw talaga. Mapaghinala," biro niya.

"Kumusta na po pala si Noona?"

"She's not okay, that's all I know."

"Is there any way that I can do to make her feel better?" nag-aalalang tanong ko.

"Hindi ka galit sa kaniya?" parang gulat pang tanong niya.

Kumunot ang noo ko. **"Bakit ako magagalit? Tch. Mom, hindi naman porket si Randall ang dahilan kung bakit kami nagkaganito ni Kim ay magagalit na ako sa kaniya. Kapatid ko pa rin siya, tsaka, pareho kaming nasaktan,"** tugon ko at hindi naman siya agad nagsalita, bumuntong-hininga lang siya at nakangiting tumitig sa'kin. **"Why, Mom?"**

"Nothing. Masaya lang ako na lumaki kang mabuting binata. Masayang masaya ako, baby."

"Tch, Mom, hindi ako mahilig sa drama," pilit na biro ko.

"I'm just saying na masaya ako, baby, dahil masaya talaga ako. This is the best feeling ever," namuo agad ang mga luha sa mga mata niya. **"Malayo kami ng Daddy niyo pero lumaki kayo ni Dein ng maayos at hindi masasama ang ugali, hindi rebelde o basagulero. Kaya napakasaya ko na bilang Mommy mo, anak,"** tsaka siya tuluyang umiyak. **"Kung ano man ang pinagdadaaan niyo, I promise na hindi ako aalis sa tabi niyo hanggang sa malampasan niyo 'yan--kami ng Daddy niyo, nandito lang kami, baby,"** malambing na anas niya.

"Mommy," inalo ko siya. **"Wala kang ideya kung gaano kami kasuwerte ni Noona dahil kayo ang mga magulang namin. Walang dahilan para hindi kami lumaki ng maayos, Mom."**

'Wala ka ring ideya kung gaano mong pinagagaan ang loob ko, Mommy, ang maupo ka sa kama ko ay napakasarap sa pakiramdam. Lalo ang saluhan mo ako sa nararamdaman ko.'

Gumaan talaga ang pakiramdam ko matapos naming mag-usap ni Mommy, panandalian kong nalimutan ang sangkaterbang tanong sa isip ko

patungkol sa pag-uwi ko at kay Taguro. Batid kong hindi ko masasagot mag-isa ang mga iyon at kakailanganin ko mismo ang sagot niya.

Pinilit kong matulog na dahil kailangan ko pang magising bukas ng maaga.

OceanofPDF.com

CHAPTER 97

DEIB'S POV

Kinabukasan.

Maaga akong nagising at nakapaghanda papasok. Nandoon na ang lahat sa dining area nang bumaba ako. Napansin kong naging balisa si Noona ng maramdaman ang presensiya ko.

"Good morning!" masayang bati ko ko sa lahat. Si Noona ang unang lumingon sa'kin at nagtama ang paningin namin na mabilis niya ring inalis.

'Tch. Awkward, amp!'

"Good morning, ang aga mo yata?" ani Manang.

"Nagkataon lang, Manang," tugon ko tsaka naupo sa puwesto ko at deretsong tumingin kay Noona na nasa tabi ko. **"Good morning, Noona!"** buong puwersang bati ko na ikinagitla naman niya. **"Hindi mo man lang ba ako babatiin? Maganda ang gising ko at pakiramdam ko ay sumisigaw sa kaguwapuhan ang mukha ko."**

"H-Ha?" utal na anas niya.

"Hahaha! Sabi ko, good morning!"

"Ah, good morning," naiilang na tugon niya.

"Akala ko ay hindi mo ako narinig, eh. Hehehe."

"Bakit parang ang saya mo naman?" mataray na ang tono niya kaya ngumiti ako.

"Wala naman akong dahilan para hindi maging masaya, hindi ba?" nakangiting tanong ko. **"What happened yesterday--I'll leave it to yesterday. Nakausap ko na si yesterday at siya na ang bahala sa alaala,"** sarkastikong tugon ko.

"Psh." singhal niya pero ngumiti rin.

Magana kaming nagsalu-salo habang nagku-kuwentuhan, may kaunting pagkasabik sa dibdib ko tungkol sa pagpasok ko ngayong araw at hindi ko alam kung saan nagmumula iyon.

"Siya nga pala, bibisita ang Chairman sa BIS," ani Dad at bigla akong nasamid. **"Oh? Ayos ka lang, son?"**

"Dahan dahan sa pagsubo, anak," sabad ni Mommy pero hindi ko siya nilingon. Nanatili kay Daddy ang paningin ko.

"Si Chairman Enrile, Dad?"

"Oo naman, may iba pa ba tayong tinatawag na Chairman dito maliban sa great grandfather mo, Deib Lohr?" nahihimigan ni Daddy ang kaba ko. Lalo akong napalunok.

'Ano ang gagawin niya r'on? Badtrip! Kinabahan ako bigla!'

Pakiramdam ko ay nawala 'yong pagkasabik ko sa pagpasok at napalitan iyon ng takot.

"Ano raw po ang gagawin niya roon, Dad?"

"Bibisita sa mga students, ano pa ba?"

"Bakit daw po?"

"Hindi ko alam, maaaring kukumustahin ang academic performance ng mga students ng BIS, o 'di kaya nama'y makikipagmeeting tungkol sa delayed ninyong sportsfest."

Dati na akong kinakabahan kapag si Chairman Enrile ang pinag-uusapan pero hindi ko maipaliwanag kung bakit parang nadoble ang kaba ko ngayon. Natatakot ako para sa sarili ko. Malamang ay dahil sa aminado akong marami akong nagawang kalokohan.

'Badtrip!'

"Kinakabahan ka na ba?" nakangising tanong ni Noona, bumuntong-hininga lang ako. **"'Don't worry, sa pagkakakilala ko kay Maxpein, hindi niya ugaling mangpahamak ng tao,"** seryosong anas niya at sa hindi maipaliwanag na dahilan ay nawala ang kaba ko ngunit napalitan iyon ng pagtataka.

"Ano ang ibig mong sabihin, Noona?"

"Paniguradong kaya ka kinakabahan ng ganiyan ay dahil sa mga kalokohan mo. Bukod kay Pein ay wala na akong nabalitaang nakabangga mo, siya lang talaga. Unless, may hindi pa ako nalalaman na iba?"

"Wala na, ah!"

"'Yon naman pala, eh, you don't have to worry then. Your secrets are safe with her."

"Tch! Who cares? Besides, it's not all my fault."

"Hindi ka rin naman pababayaan ng Lolo mo, Deblor," sabad ni Manang. **"Siya ang nakaupo na Dean ninyo kaya maaaring may sasabihin din siyang maganda tungkol sa iyo."**

"Ganoon ba talaga karami ang kalokohan na ginawa mo kaya kinakabahan ka na naman ng ganiyan, Deib Lohr?" salubong ang kilay na tanong ni Dad kaya napayuko ako't palihim na ngumuso.

"H-hindi naman po sa ganon, Dad, alam niyo naman po na pagdating kay Chairman Enrile ay wala akong palag."

"As long as you're doing great on your studies there's nothing to worry about."

"Yes, Dad."

'Isa pa nga 'yun, eh! I'm not sure if I'm good enough for him. My grades are not impressing to make him happy. Tch! Sana ay 'wag na lang siya pumunta, mapapahiya lang ako.'

Matapos ang mahabang agahan ay naghanda na ako papasok. Nasa kotse na ako nang biglang kumatok sa saradong bintana ko si Noona, pinagbuksan ko naman siya.

"Puwede ba akong sumabay sa'yong pumasok, Deib?"

"Oh, sige."

"Hindi ko pa kayang mag-isa, eh," aniya at natigilan naman ako. Bumaba ako upang pagbuksan siya ng pinto at alalayang makasakay.

"Hindi pa rin ba kayo okay?" tanong ko nang makasakay, sila ni Randall ang tinutukoy ko. Nagmaneho ako ngunit nasa kaniya ang pandinig ko.

"Hindi ko alam kung paano pa kaming magiging okay, Deib."

"'Wag mo na munang pilitin ang sarili mo, sigurado akong magiging ayos din ang lahat."

"Magiging okay pa nga kaya kami?" malungkot na tanong niya.

"Oo naman, Noona, bakit naman hindi?"

"Niloko nila ako ni Kim at ngayon naman ay alam na niyang nandiyan na si Pein, magiging okay pa nga kaya kami?" bakas ang pag-aalala hindi lang sa tono niya kung hindi pati na rin sa mukha niya. **"Hindi ko alam kung kaya ko pa siyang pagkatiwalaan gaya ng dati."**

"Don't say that, Noona."

"I know where I stand. Aware ako sa differences naming tatlo para kay Randall, kaya siguro ganito na lang ang nararamdaman ko. He's right, takot lang talaga ako dahil alam ko kung *ano* si Pein sa kaniya. Pero may karapatan naman akong matakot, 'di ba?" biglang tanong niya at napalingon naman ako.

'Hindi ko alam, hindi ko pa naranasan ang ganiyan, Noona.'

"Oo, sa tingin ko, may karapatan kang matakot. Pero kailangan mo pa ring magtiwala kay Randall at lalo na sa sarili mo, Noona. Dahil kung wala kang tiwala sa relasiyon niyo ay talagang matatakot ka ng sobra."

"Ang hirap kasing pigilan, eh, hindi ko kaya. Kusa akong natatakot, Deib. Masiyadong nagiging masakit sa'kin 'yung nangyari, hindi ko inaasahang aabot sa ganito. Kung si Maxpein lang sana ay maiintindihan ko dahil meron silang nakaraan. Pero 'yung kay Kim ang hindi ko pa rin maintindihan kahit naibigay niya na ang lahat ng dahilan--hindi ko matanggap, ang sakit sakit. Bakit kailangang si Kim pa? Bakit 'yung kapatid pa ng bestfriend ko at taong mahal ng kapatid ko?" dere-deretsong sabi niya at natigilan naman ako. **"Sorry, nabigla ako sa nasabi ko, hindi ko naisip ang nararamdaman mo,"** kabig niya. **"I'm very sorry, Deib, hindi ka na dapat nadadamay sa ganito pero--"**

"Damay ako, Noona, kaya hindi mo kailangang magsorry sa'kin. Wala kang kasalanan," tugon ko at nagliwanag ang mukha niya kaya ngumiti ako. **"Kung ano man 'yung sa'min ni Kim ay labas ka r'on. Kung ano man 'yung sa inyo ni Randall ay labas ako r'on. Hindi ko itatanggi na nasaktan din ako pero wala na akong choice kung hindi tanggapin kung ano ang nangyari. Kasi kung patatagalin ko lang 'yun sa sarili ko ay ako lang ang mahihirapan."**

"Hindi ko alam kung bakit ganiyan ka pa rin sa kabila nung nangyari," pilit ang ngiting anas niya. **"Pero, salamat, sobra."**

"Dahil naiintindihan kita. Nagalit ako sa'yo pero nung oras lang na 'yon dahil hindi kita maintindihan. Lahat ng sinabi mo ay magulo talaga sa pang-intindi ko at hindi matanggap ng isip ko 'yung mga paliwanag mo. Pero hindi naman ako ganon kasama para magtanim pa ng sama ng loob."

"Thank you," sinserong anas niya. **"Hindi mo talaga ako maiintindihan kasi hindi ikaw 'yung nasa sitwasyon ko, Deib. May mga oras lang talaga siguro na kailangan nating gumawa ng paraan para hindi tayo ang masaktan. May mga magagawa tayong kahit makapanakit tayo ng iba--sarili nating nararamdaman ang mahalaga. Siguro nga ay tama kayo, nagsinungaling o naglihim ako pero 'yun lang ang nakita kong paraan para hindi ako masaktan. I know it's selfish but, alam kong hindi ko kakayanin kung hindi ko gagawin 'yon."**

"Pero nasaktan ka pa rin sa desisyong ginawa mo, nasaktan ka pa rin sa huli."

"Tama ka. Pero hindi iyan ang inaalala ko ngayon, kung hindi iyong nararamdaman kong--anytime ay puwedeng may magbago sa'min ni Randall at ito na ang simula."

"Edi gumawa ka naman ng paraan para bumalik kayo sa dati at hindi tuluyang magbago kung ano man 'yung sa tingin mong magbabago? Noona, ikaw pa rin ang girlfriend niya, ikaw ang karelasyon niya kaya kahit na may iba pa, hindi ka dapat matakot dahil sa iyo siya."

Sandali siyang natigilan at tumitig sa'kin. **"You know what?"**

"What?" inosenteng tanong ko.

"You're aging."

"Huh?"

"You're aging!" natatawang anas niya at lalo akong nagtaka. **"Nagma-mature ka, hahaha! I can't believe you, dongsaeng."**

"Tch."

"But thanks for that. Hindi ko talaga inaasahan na ikaw pa ang makakausap ko tungkol dito. Gumaan ng sobra ang pakiramdam ko, promise. Salamat," sinserong sambit niya.

"Alam na ba ni Keziah?" tanong ko at tumango siya, nawala ang saya sa mukha niya. **"Anong sabi niya?"**

"Hindi pa kami nakakapag-usap, hindi ko siya pinapansin."

"Wala siyang kasalanan."

"Oo nga, alam ko. Pero hindi ko rin maiwasang hindi mainis. Hindi ako galit sa kaniya, ayaw ko lang talaga munang makipag-usap sa kaniya dahil feeling ko ay mahihirapan lang din siyang mag-advice sa'kin lalo na at involved din ang kapatid niya. Ayaw kong maipit si Keziah."

"Pero sa ginagawa mo ay naiipit din siya."

"Don't worry; I'll talk to her soon."

"Talk to her later," utos ko at ipinagtaka ko ang pagngiti na naman niya.

"Hindi ko inaasahan na sasabihin mo pa rin sa'kin lahat ng ito after what happened, you're impressing me. Don't worry; I'll keep that in mind."

Naging masaya ang naging biyahe namin papasok, suwabe at walang traffic. Naging mabagal ang pagmamaneho ko dahil maaga pa naman kaya marami rin kaming napagkuwentuhan.

Inihatid ko pa si Noona sa harap ng building nila tsaka ako nagtuloy papasok. Pero hindi pa man ako nakakarating sa boundary ng secondary campus ay natanaw ko na si Maxwell na pinalilibutan ng tatlong babae. Nakaupo si Maxwell sa bakal na bench sa ilalim ng puno habang nagbabasa ng isang maliit na libro, iyong tatlong babae naman ay may mga hawak na camera at nililitratuhan siya.

"Maxwell, sige na, ano ang number nung kapatid mo?" pangungulit ng una.

"Kung ayaw mong ibigay ay iyong sa'yo na lang, hihihi." pangungulit naman ng ikalawa. **"Ang guwapo guwapo mo, huhuhu. 'Yung mga mata mo ay hindi ko madalas makita pero natutunaw ako sa t'wing masasalubong ng paningin ko."**

"Iboboto namin si Maxpein na makapagstay kapag ibinigay mo, promise!" sabad ng ikatlo.

'Nababaliw na sila.'

"PLEASE?" sabay sabay pa nilang pagmamakaawa.

Nginitian lang sila ni Maxwell tsaka tumayo at maglalakad na sana paalis ngunit natigilan nang magsalubong ang paningin namin. Ngumusi siya at saka tumango bago tuluyang umalis.

'Tch! Grabe, abnormal talaga silang magkakakapatid!'

Nagtuloy ako papasok at dumeretso sa Canteen para makapagkape *sana*. Agad na nagtilian ang mga babaeng sumalubong sa'kin papasok. Nagsimula silang magbulungan at ultimong pabango ko ay sinisimot nila sa sobrang paglanghap sa'kin.

"OH MY GOD, GIRLS! ANG GUWAPO TALAGA NI DEIB!"

"HAAAY. KAILAN KAYA AKO MAPAPANSIN NG ISANG DEIB LOHR ENRILE? BUTI PA SI TAGURO, HINDI NAMAN SOBRANG GANDA PERO NAPANSIN NIYA."

"OO NGA!" halatang inis na asik nung isang babae. **"HINDI NAMAN SIYA KAGANDAHAN PERO SIYA ANG NAPANSIN, SHE'S NOT EVEN SEXY! BAKA NGA NAGPAPAPANSIN LANG TALAGA ANG TAGURO NA IYON KAY DEIB! I CAN'T BELIEVE IT! 'YUNG NAKAKADIRI NIYANG ITSURANG IYON--*MAYAMAN*? MY GOD! HINDI AKO MAKAPANIWALANG KAPATID SIYA NUNG MGA**

NAG-GU-GUWAPUHANG LALAKING IYON! NI HINDI NGA SIYA MUKHANG STUDENT, EH! HAHAHA! MY GOD! THAT TAGURO IS SO EHHW!"

Nagpanting ang tainga ko at napapikit ako sa inis. Huminto ako at saka nakapamulsang bumaling sa kanila. Pinagmasdan ko iyong huling babaeng nagsalita at pinasadahan siya ng tingin mula ulo hanggang paa.

"Puwede ba?" angil ko.

"OMG, GIRLS! KINAKAUSAP AKO NI DEIB!" anas nang huli tsaka naglakas-loob na lumapit sa'kin. **"Hi! My name is Didit, pleased to meet you."** aniya sabay abot nang kanang kamay sa'kin.

Napahalakhak ako. **"I don't give a damn,"** asik ko at natigilan naman siya. **"Ang lakas ng loob mong magpakilala sa'kin matapos niyo akong pag-usapan habang naglalakad ako papasok dito? Engot ka ba? Hindi mo ba nakikitang may tainga rin ako at nakakarinig?"**

"Sorry."

"Hindi ba't sinabi ko na sa inyong tigilan niyo ang kasisigaw sa t'wing daraan ako? Ang tigas ng mukha mo--talagang nagpakilala ka pa, ah?" nakangising tanong ko at pinagtawanan naman siya ng mga kasama niyang natigil nang samaan ko ng tingin. Tinalikuran ko sila ngunit may naalala ako kaya naman nakapamulsa pa rin akong bumalik paharap sa kanila. **"Ano nga uli iyong sinabi mo tungkol kay Taguro?"**

"H-Huh?" maang-maangang tanong niya.

"Iyong sinabi mo tungkol kay Taguro!" singhal ko at napailag siya sa lakas ng sigaw ko.

"I didn't mean to s-say that, Deib--"

"Stupid. Dinig na dinig kita! Tch! Para sabihin ko sa'yo--wala nang mas papangit pa sa'yo sa paningin ko!"

"Huhuhu! You're so mean!"

"Because you're also mean," tugon ko at natigilan naman siya ng may nangingilid sa luhang mata. **"Gusto kong itatak mo sa isip mong maliban sa *akin* ay wala ng ibang may karapatan na magsabi ng kung anu-anong walang kuwentang bagay tungkol kay Taguro,"** babala ko. **"At mas lalong wala ng ibang tao ang may karapatang *tumawag* sa kaniya ng Taguro--kung hindi *ako*! Ako lang!"** singhal ko, napaatras siya nang mas lumapit ako sa bandang tainga niya. **"Kapag narinig pa kitang tinawag siyang Taguro--buburahin kita sa listahan ng mga estudyante rito, naiinintindihan mo?"**

"O-OO, DEIB! OO! PROMISE!"

"At hindi ka maganda, gayon na rin ang pangalan mo, 'wag kang maglalakas-loob magpakilala basta basta dahil mapapahiya ka lang," sarkastikong dagdag ko tsaka agad na tinalikuran siya. Inis akong lumapit sa line. **"Coffee!"** singhal ko sa cashier at nangilabot naman agad ito.

"Yes, Sir Deib!"

Dumeretso ako sa table namin, kumuha ako ng magazine sa katabing stand at sinimulang magbasa. Agad namang naiserve ang coffee ko kaya nagsimula akong magrelax sa pagkakaupo ko.

"GIRLS! ALAM NIYO NA BA ANG LATEST? BALITANG BALITA NA *SINULOT* DAW NI KIM SI RANDALL KAY ATE DEIN!"

"OH MY GOD, SERIOUSLY? ANG LANDI NAMAN NI KIM!"

"EXACTLY! 'YUNG SOBRANG HINHIN NA KIM? MALALAMAN MONG PALIHIM NA NAKIKIPAGRELASYON SA BOYFRIEND NG BESTFRIEND NG ATE NIYA? AT ATE NG MASUGID NA MANLILIGAW NIYA? THAT'S SO EHW! DESPERADA?! HAHAHA!"

Natigilan ako sa pagbabasa, bagaman nakatuon ang paningin ko sa magazine ay nasa kanila ang pandinig ko. Napabuntong-hininga ako nang dahil doon. Hindi ko nagawang alisin ang magazine sa pagkakaharang sa mukha ko upang sitahin sila dahil alam kong kapag ginawa ko iyon ay ako naman ang pag-uusapan nila.

'Pero paano nilang nalaman iyon? Badtrip! Baka may mga nag-uusap na rin tungkol sa'kin!'

"KAWAWA KAMO SI DEIB!"

"PINAASA LANG SIYA NI KIM, BIRUIN MO ILANG TAON DIN SIYANG NANGLIGAW, ANO!"

"ANG HIRAP NAMAN KASI MAMILI BETWEEN RANDALL ANG DEIB, HAHAHA! PERO THE FACT THAT RANDALL IS TAKEN ALREADY, DAPAT HINDI NIYA NA IBINILANG SA CHOICES NIYA IYON. BESIDES, DEIB IS NOT A CHOICE, HE'S A REWARD!"

"AND KIM'S TOO YOUNG FOR RANDALL! THAT IS DEIB LOHR ENRILE FOR HEAVEN'S SAKE! MORE THAN A JACKPOT PRICE NA 'YON, EH--TAPOS PINAKAWALAN NIYA LANG? THAT'S STUPIDITY!"

Nanlumo ako sa malalakas na bulungang iyon. Kumibot ang mga kamay ko habang dahan dahang kumukuyom ang mga iyon.

'Sana ay ganiyan din siya kung mag-isip. Sana.'

"AND YOU'RE NOT GONNA BELIEVE WHAT I JUST HEARD!" sambit nang isa at naantig naman ang interes ko. **"MAXPEIN IS RANDALL'S *EX*!"**

Lalo akong nainis! Kumunot ang noo ko at muntik ko pang maibagsak ang tasa ng kape ko.

'Sinong peste naman kaya ang nagkalat non? Kami kami lang ang nandoon nung oras na iyon--paano nilang nalaman at naipakalat ng ganoon kabilis? Detalyado pa! Nakakainis!'

Hindi ko na napigilan ang sarili kong ibaba ang magazine, napapahiyang nag-alisan ang mga babaeng iyon sa harapan ko. Inilabas ko ang cellphone ko at tiim-bagang na idinial ang numero ni Tob.

"Nasaan ka na ba!" inis na asik ko.

"Hala! May usapan ba tayo?" gulat na tanong niya.

Napaisip naman ako. **"Ah, wala naman. Ibig kong sabihin, nasaan ka na? Hindi ka ba papasok? Anong oras na, ah?"**

"Psh! Papasok na ako."

"Bilisan mo!"

"Oo, nandito na ako sa quadrangle!"

"Huh? Ang bilis mo naman? Akala ko ba ay papasok ka palang?"

"Oo nga, papasok ng campus, engot! Sshhk! Ang daming tao rito, dre! Ano kayang mayroon?" tanong niya at nagtaka naman ako. **"Ang daming body guards, dre."**

"Hintayin mo na lang ako riyan," tugon ko tsaka ibinaba ang linya.

Inubos ko ang kape ko tsaka naglakad palabas. Nababalisa ako sa mga bulungan ngayon dahil hindi lang pangalan ko ang paulit-ulit nilang sinasabi, sumasabit ang pangalan nina Kim, Noona, Taguro at Randall, at hindi ako komportable roon. Pilit kong 'di pinagtuunan ng pansin ang mga iyon at hinanap na lang si Tob sa gitna ng kumpulan ng mga estudyante.

"Oh? Wala pa si Lee?" bungad ni Tob sa'kin.

"Tch! Mukha ba akong may kasama?" inis na tugon ko.

"Ang sungit mo!" natatawang singhal niya. **"Sandali, itetext ko."**

Sinulyapan ko naman iyong grupo ng mga body guards na nakatayo sa harapan ng guidance office.

'Ano ba ang ginagawa niyang mga 'yan dito?'

"Hindi ba't sila 'yung mga body guards nung mga Moon?" tanong ni Tob matapos magtext.

"Siguro nga, ganiyan ang suot ng mga iyon, 'di ba? Mga nakashades din, baka sila nga iyan. Ibig sabihin ay nandito na naman sila," tugon ko habang nakamasid pa rin.

"Anong ginagawa nila rito?"

"Malay ko, kapapasok ko lang, 'di ba?" aniya at ngumiwi naman ako

'Kung ano man ang dahilan ay hindi ko alam, pero paniguradong may kinalaman ito kay Taguro.'

Naglakad si Tob papalapit sa office kaya naman sumunod ako. Eksakto namang lumabas si Lolo mula roon nang makalapit na kami, kasunod niya ay isang matangkad at matipunong lalaki na halos kasing-edad lamang niya. Agad na nagsipagtunguhan ang mga body guards paharap sa kanila, nasa sampu ang mga ito, tig-lima sa magkabilang hilera.

"Si Maxwell," ani Tob at nilingon ko naman ang gawing tinitingnan niya. **"Sino 'yon?"** ipinilig niya ang ulo paharap naman sa kung saan at doon ako tumingin. Iyong kaedaran at kasama ni Lolo ang tinutukoy niya.

"Malay ko?" tugon ko habang pinagmamasdan ang bisita.

Bakas ang karangyaan sa tindig at pagbuka ng bibig niya. Palangiti ito at hindi nakakatakot ang itsura. Nagyakap sila ni Maxwell at mukhang may pinag-uusapan silang tatlo nila Lolo. Bahagya pa kaming naglakad ni Tob at hindi pa man kami tuluyang nakakalapit kila Lolo at nagsipagtunguhan na uli ang mga body guards.

"Si Taguro, dre," ani Tob at napalunok naman ako. Biglang bumilis ang tibok ng puso ko at may kakaibang kiliting dulot iyon.

'Lintek na puso 'to, ano ba ang nangyayari sa'yo?'

"NAMAYAT SI MAXPEIN," dinig kong bulong ng isang lalaki sa tabi ni Tob. **"PERO NAPAKAGANDA NIYA NA."**

'Tch! Walang taste.'

"KAMAG-ANAK SIGURO NI TAGURO ANG ISANG IYAN, GRABE, NAKAKABILIB! ANG DAMING BODY GUARDS! BIGTIME TALAGA SI TAGURO!"

'Sinabi nang ayaw kong makakarinig na may ibang tumatawag sa kaniya ng Taguro! Ako lang!'

"Zarnaih!" malakas na bati nang bisita rito.

"Oh! Bossing!" anas ni Parrot tsaka sila nagyakap.

"You look beautiful."

"As always!"

Nagkatinginan kami ni Tob ng may pagtataka. **"Bossing?"** sabay pa naming anas.

'Ano na naman kaya ito?'

"Oh, you're here?" baling nang bisita kay Taguro.

"Mm, why are you here?" walang modong tugon ni Taguro.

"I came for you," turo niya pa kay Taguro. **"I heard what happened so I came,"** dagdag nang bisita pero blangko at deretso lang na nakatingin si Taguro sa kaniya, halatang hindi kumbinsido. **"Arasseo! Chairman Moon asked me to come here."**

"Why?" tanong ni Taguro at bumulong naman ang bisita. **"Tss."** singhal ni Taguro tsaka bahagyang ngumiti. **"It's not funny, Mokz."**

Bahagyang nanlaki ang mga mata ko. **"Siya 'yung Mokz?"** wala sa sariling bulalas ko.

"Kilala mo?" bulong ni Tob.

"Ha? Hindi, nabanggit lang sa'kin ni Taguro," tugon ko at itinuon na ang buong pansin kila Taguro.

'Kung ganon.. siya si Mokz? Ang takbuhan at kakampi ni Taguro? Mukha nga siyang mabait, mukha ring maloko. Tch.'

"You're a candidate for expulsion, Maxpein," usal ni Mokz tsaka ngumisi. **"Congratulations! Ha ha ha ha!"** putol putol at napakalakas ng tawa niya, marami tuloy ang nakitawa dahil sa paraan niya ng pagtawa. Sa itsura niya ay mababatid mong mabait nga siya, hindi gaya nina Chairman Moon, President Moon at Chairman Enrile na itsura pa lang ay mga mukhang istrikto na. **"Please continue to teach her well, she really needs it,"** baling muli nito kay Lolo.

"Of course, besides, she's doing great inside her class I heard," ani Lolo.

"Oh, is that so?" gulat pang tugon ni Mokz tsaka pinasadahan ng tingin si Taguro. **"So I guess it's her attitude that destroys her image, huh? Ha ha ha ha ha! Oh, that is not new."**

"Yeah, right. And today's the election," nakangiwing tugon ni Taguro tsaka nagtaas ng kilay. **"So you came to vote?"**

"No. I came to *buy* votes! Ha ha ha ha ha!" malakas na namang tawa ni Mokz kaya nakitawa rin ang karamihan.

"Hahaha! Ang cool nito, dre," bulong ni Tob at pilit naman akong napangiti, hindi inaalis ang tingin sa kanila.

Hindi ko maipaliwanag ang kaunting kaunting kaunting tuwa lang naman na naramdaman ko sa dibdib ko. Parang may umusbong na pag-asa at hindi ko alam kung para saan iyon. Hindi tumugon si Taguro at nginitian lang si Mokz dahilan upang manginig ang mga kalamnan ko at matameme na naman ako.

'Wala lang 'yan, Deib, 'wag kang mag-alala, 'wag kang mag-alala.'

"I have an announcement to make," sabad naman ni Lolo sa pagitan nila tsaka sila iginiya papalapit sa'min at eksaktong huminto nang magtama ang paningin namin.

"What are you staring at, young man?" nakangiting tanong sa'kin ni Mokz dahilan upang mapamaang ako.

"He's my grandson," nakangiting ani Lolo kaya nilingon siya ni Mokz na animong hindi pa makapaniwala. **"Anak ni Lohrton."**

"Iisa-isa lamang naman ang anak mo, Dei Min, hindi ba?" sarkastiko ngunit pormal pa ring tugon ni Mokz. **"Ha ha ha ha ha!"** tsaka sila sabay na natawa ni Lolo. **"Come here,"** biglang anyaya niya sa'kin kaya natigilan ako. Napatingin pa ako kay Taguro bago kami tuluyang lumapit ni Tob. **"I am Mokz, and you are?"**

"Deib, Deib Lohr Enrile, Sir," kabadong tugon ko.

"My pleasure to meet you, son," tugon niya tsaka kami nagkamay.

'Son? Anong son?'

"Ugh!" usal ko matapos niya akong hilahin at yakapin. Nanlaki ang mga mata ko habang nararamdaman ko ang nakakaubong pagtapik niya sa likod ko.

"Ha ha ha ha ha! And this young man right here?" tanong muli ni Mokz nang pakawalan ako.

"Yakiro Tobi Yanai, Sir Mokz," tugon ni Tob sa puntong Hapon.

"Oh, so I guess you're related to Chairman Goto Yanai?"

"He's my grandfather, Sir."

"I'm delighted to meet you, son," anas ni Mokz tsaka lumampas ang tingin sa amin, sabay naman kaming napalingon ni Tob sa likuran at nakita namin si Lee na agad namang lumapit. **"You are?"**

"I'm Lee Roi Gozon, Sir, I'm glad to meet you, Sir Mokz."

Tumango tango si Mokz sa aming tatlo. **"They're my grandchildren,"** turo niya kay Taguro, Maxwell at kay Maxrill--na hindi ko man lamang napansin na dumating.

"They're all friends," usal ni Lolo kay Mokz.

"Is that so?" parang hindi makapaniwalang tugon ni Mokz. **"You're friends with them?"** baling niya kay Taguro na hindi naman nagsalita. **"You're now making friends? Sesanghe, the world is really changing, global warming I guess?"** sarkastikong tugon niya. **"And don't call me Sir,"** muling baling niya sa'ming tatlo. **"Mokz is enough. Let's go."**

Iginiya nila kami papalapit sa flagpole kung saan nandoon na si Migz. May ilang sounds system doon at podium, halatang biglaan ang announcement kaya hindi nakapaghanda si Migz at ang iba pa.

"Good morning, students," bati ni Lolo. **"Sandaling announcement lang ito, may sasabihin lang ako. May bisita tayo, si Director Mokz, father siya ni President Moon kung natatandaan niyo siya. Lolo siya ng mga *del Valle*."**

"Good morning, young geniuses!" masayang bati ni Mokz.

"Ipababatid ko lamang sa inyo na wala ng magaganap na botohan," anas ni Lolo at agad na umugong ang malakas na bulungan. **"Si Maxpein Zin del Valle ay mananatili rito sa ayaw niyo at sa gusto. We have no choice but to make her stay or else tayo ang aalis,"** natatawang dagdag ni Lolo. **"Ang schedule ng interhigh ay ibabase natin sa readiness ng SIS, napag-usapan na namin ang tungkol diyan. Sila ang magseset ng date kung kailan ang simula at ayon sa kasalukuyang namamahala sa SIS, hindi magtatagal ay masisimulan na rin ang sportsfest natin."**

"YEHEEEEEEEEEY!" agad na naghiyawan ang mga students na nakikinig. Nangibabaw ang tuwa't excitement sa buong quadrangle.

Nang matapos ang announcement ay biglang nagyaya si Tob papasok sa room kaya hindi ko na nakita pa si Taguro at mga kasama niya. Nangangamba ako sa kakaibang tuwa na iyon na nasa dibdib ko, hindi ko maipaliwanag kung bakit kinakabahan ako samantalang napakasarap sa pakiramdam niyon.

"Hey, boys!" biglang lumapit sa'min si Liel at naupo sa armrest ko. Hinawakan ang buhok ko at nilaro iyon. **"Narinig ko na ang mga issues! Grabe, ah? Ang daming pasabog! Hindi ko akalain na ganon ang pagkatao ni Taguro!"**

"Ano ba!" tinapik ko ang kamay niya. **"Umalis ka nga!"**

"Bakit ba nagagalit ka?"

"Dahil ang pangit mo--hindi kita type! Umalis ka sa harapan ko!"

"Seesh! Bully!" sigaw niya sa'kin tsaka umalis.

"Hahaha! Ang sungit mo ngayon, dre," anas ni Tob. **"Chill!"**

"Hindi ka ba masaya sa announcement, Deib?" nakangising tanong ni Lee. Alam ko ang laman ng isip niya. **"Okay naman na kayo nila Max at Zarnaih, kaya dapat ay ayos lang sa iyo 'yung announcement na mananatili si Max dito."**

"W-Wala naman akong sinabing hindi okay sa'kin, nabadtrip lang ako kay Liel," nakangusong tugon ko.

"Psh! Okay na 'yan, dre! Nakapag-inuman na nga sila, eh!" asik ni Tob at inis naman akong nilingon siya. **"Hindi nagyayaya!"** angil niya at hindi ko na siya sinagot pa. **"Pakiramdam ko ang tagal nating hindi nagkasama sama, dre! Parang nagbakasyon at ngayon lang uli ang first day. Kakaiba 'yung mga nangyari nung nakaraan. Misteryo ang tawag dito, hahaha!"**

Tama si Tob, kakaiba at hindi maipaliwanag ang nangyari nung nakaraan. Napakaraming tanong ang hindi nasagot at hindi sigurado kung masasagot pa. Nagsimula kay Ysay, ang pagdating ng mga Moon, ang relasiyon nila Kim at ang hindi matapos tapos na misteryo sa tunay na katauhan ni Taguro.

'Ginugulo mo talaga ang utak ko, at hindi lang ako--kaming lahat!'

"Tsk tsk, sana naman ay ito na ang huli ng lahat ng misteryong nangyayari, hahaha!" dagdag ni Tob dahilan upang bumalik ako sa reyalidad. **"Sana maging *friends* na talaga natin sila, okay naman silang kasama, eh."**

"Oo nga naman, Deib," sang-ayon ni Lee. **"Magandang ideya 'yon."**

"Kayo ang bahala, okay lang naman sa'kin 'yon. Walang problema," mapaklang tugon ko.

"Naaaay! Palibhasa'y nasolo mo na si Taguro kaya naman ayos na sa'yo! Hahaha!" pang-aasar na naman ni Tob.

"Eh, di 'wag na!"

"Biro lang!"

"Tch!"

Nauwi na naman sa asaran ang simple naming kwentuhan nang dumaldal na naman si Tob. Si Lee ay panay ang tawa habang nakikinig, at sa aming tatlo ay ako na naman ang pinakapikon.

Nagsimula ang klase namin maya maya lang at hindi ko naintindihan lalo ang mga discussions, pati interes ko ay nawala dahil ang utak ko ay nakatutok kay Taguro.

'Kailangan mong ipaliwanag sa'kin kung paano mo akong naiuwi, Taguro! Lagot ka sa'kin kapag hindi ka nagsabi ng totoo!'

MAX'S POV

"You'll stay here. I know that you also want to stay here for some reasons--new reasons." naalala ko ang ibunulong na 'yan ni Mokz kanina. Natawa ako sa hindi ko maipaliwanag na dahilan.

'Ano naman kaya ang ibig niyang sabihin sa new reasons na 'yon? Tss.'

Hindi ko maipaliwanag ang tuwa na nangingibabaw sa'kin. Alam kong makakapanatili ako rito dahil kinausap ng mga Moon si Dean, inaasahan ko na ang bagay na 'yon kaya naman hindi na ako nagulat pa.

"Grabe, walang pinagbago si Mokz," ani Naih habang naglalakad kami papalayo sa quadrangle.

"Mm, makulit pa rin." tugon ko.

"WAAAAAAAAAA! MAAAAAX!" sigaw nina BJ, Migz at Michiko mula sa 'di kalayuan. Nakangiti kaming sinalubong sila.

"Namiss namin kayo, grabe!" ani Michiko na yumakap at nakipagbeso-beso kay Naih.

"Parang kailan lang naman nung magkasama tayo, Michiko, ano ka ba?" biro ni Naih.

"Oo nga, pero alam niyo ba kung gaano kami kasaya ngayon? Lalo na at makakapagstay si Maxpein dito ng hindi man lang pinagbobotohan? Waaaa! I'm super duper happy! More than happy to be exact!" ani Michiko at nagkatinginan na lang kami ni Naih at sabay na napailing.

'More than happy to be exact? Okay.'

"Diyos ko! Bakit ba hindi pa ginamit ang special powers na 'yan nong umpisa pa lang, Max?" biro ni BJ. **"Mas bet mo ang madrama na eksena bago magpasabog?"**

"Welcome back, action stars!" bati naman ni Migz. **"Namiss namin kayo! Parang ang tagal nating hindi nagkasama, my God!"**

"Kumusta ka naman, Zarnaih?" tanong ni BJ. **"Mukhang bangenge ka pa, teh."**

"Okay na ako, hehehe! Willing na magpahampas ulit! Hahaha!"

"Oh, eh, ano naman 'tong nabalitaan namin?"

"Tungkol saan?"

"Tungkol sa pinakamagandang *mataba* na nakilala namin," panimula ni Migz at alam kong ako ang tinutukoy niya. **"Eh, di ang ganda ganda**

mo na naman, teh? Kahit pagsama-samahin ang buhok ng mga babae rito--walang tatalo sa buhok mo, teh! Sumobra ka sa ganda, alam mo ba 'yon? Hindi na ako magtataka kung pati si Robin Padilla ay ma-in love sa'yo."

"Tss, ano bang sinasabi mo?" nakangising tanong ko ngunit batid ko na ang tinutukoy niya.

"Kumalat lang naman ang isyu tungkol sa inyo ng Randall! Diyos ko, teh! Nakakaimbyerna ang ganda mo, ah? Saan ba nakakabili ng ganiyang mukha? Inukit? Nililok? Bet ko niyan!" biro ni Migz.

"Totoo ba ang isyu, Max?" sabad naman ni Michiko. **"Na si Ate Dein ang ipinalit sa'yo ni Randall?"** mahinang tanong niya at natigilan ako.

"Ay, teh, lutang ka na naman?" si Migz ang sumagot sa kaniya. **"Hindi ba't 'yon na nga ang isyu? True-lalu nga!"**

"Ano ba, Migz, kinukumpirma ko lang."

"Diyos ko, Michiko! Kumukumpirma ka pa? Pasakit lang, teh?"

"Oh, eh, kaninong bibig naman nagmula ang mga isyu na 'yan?" nakangisi ngunit inis na palag ni Naih. **"Pabubulain ko."**

"KAY KIM!" sabay sabay na tugon nila at natigilan kami pareho ni Naih.

Nag-iba bigla ang mood ko. Nawala ang kaninang kinatutuwaan ko at ngayon ay gusto ko na namang dumistansiya sa mga tao.

"Nandoon daw kasi siya nung time nung confrontation niyo," dagdag pa ni Michiko. **"Kaya ayon, naishare niya sa'min."**

"Anong *sa'min*, teh?" kabig ni BJ. **"Sa *lahat* kamo!"**

"Oh, baka magulat ka rin, teh? Kalat na kalat lang naman sa buong BIS ang tungkol d'yan," nakangiwing ani Migz.

"Grabe, kakaiba rin naman talaga ang mga tainga ng tao rito!" inis na singhal ni Naih.

"Ouch!" kunyaring tinamaan na ani Migz. **"Aba, eh, hindi ko kasalanan na marinig 'yan, ako naman, eh, nakikinig lang at sila ang nagsasabi! Alam mo naman kapag tsismis--kusang pinupuntahan ng radar ko 'yan!"**

"Haaaay, grabe talaga ang mga lalaki, 'no? Mga manloloko," nakangusong ani Michiko.

"Pati ang Tob, teh?" ani Migz.

"Hindi! Hindi kasali si Tob, ah, iba siya."

"Oh, eh, di 'wag mo sabihing mga lalaki--'wag lahatin!"

"Ay, lalaki ka nga pala, haha!"

"Excuse me, I'm a woman!"

'Paniguradong ako na naman at si Naih ang topic ng mga estudyante. Bakit niya naman ipinagkalat pa iyon?'

Nang marating namin ang hagdan papaakyat sa building namin ay kamalas-malasang nasalubong namin si Aimee, siyempre, hindi puwedeng hindi siya magsasalita.

"So..." panimula niya. **"Wala na pala talaga kaming choice kung hindi ang lunukin ang katotohanang *dito* ka na talaga?"** sarkastikong aniya sa mismong mukha ko, tiningnan ko lang siya. **"Akala mo naman ay sasambahin ka na ng lahat matapos malaman kung gaano ka kayaman? Well, well, well, ibahin mo ako sa kanila, Taguro."**

"Ano na naman ba 'yan, Aimee?" saway ni Migz dito pero tinaasan lang siya ng kilay nito. **"Tigilan mo na, okay?"**

"Stop--please!" ani Aimee na iniharang pa ang palad sa bibig ni Migz. **"Hindi ka kasali rito and if I were you--hindi na ako sasali. This is between me and Taguro only."**

"Ako ang presidente ng council at kailangan mo akong i-respeto, Aimee. Sinasabi ko na sa'yo ngayon na tigilan mo na."

"Ano ba?" inis na tugon ni Aimee. **"Hindi ka ba makaintindi? Sinabi nang sa pagitan lang namin ito ni Taguro! 'Wag mo nga akong pagmamalakihan niyang pagiging presidente mo dahil kaya ka lang naman pumapasa ay dahil sa mga incentives na nakukuha mo riyan! Baka gusto mong makarating pa sa Mom mo ang mga nalalaman ko tungkol sa'yong bakla ka?"** banta niya pa dahilan upang matakot si Migz.

"Sige, magsalita ka na," nauuyam na sabad ko habang na kay Aimee ang tingin.

"There! Matuto kayong makinig," kunyari niya pang papuri. **"Oh well, as what I'm saying, I didn't expect you to stay here--"**

"Wala namang nakatunog na mananatili ako rito, ako mismo ay hindi ito inaasahan," sarkastikong tugon ko.

"Hahaha! Mayabang ka talaga, Taguro. So, sa tingin mo ba--this time ay magiging *maayos* na ang pakikisama ng mga BIS students sa'yo? Nang mga *original* BIS students, I mean," mariing aniya pa. **"Hell no! You're still that *trash* inside this campus--you and that friend of yours!"** turo niya pa kay Naih.

"Diyos ko naman, Aimee," kunwaring nanlulumong ani Naih. **"Ang aga aga--kailangan mo ba talagang mag-eksena pa? Hindi ba puwedeng ipagpa-hapon na lang natin 'yan? O kahit ipagpatanghali na lang? Hindi puwede?"**

"Will you please shut up?" maarteng suway ni Aimee sa kaniya.

"No! You shut up!" singhal sa kaniya ni Naih dahilan upang mapaatras siya. **"Wala ka talagang kadala-dala, eh, 'no? Ano ba ang gusto mong mangyari, ha?"**

"Ang umalis kayo rito."

"Hindi mo nga kami mapapaalis dito kahit na anong gawin mo, kung gusto mo ay ikaw ang umalis."

"Why would I? My stocks din kami sa BIS!"

"At maliit ang stocks niyo," sarkastikong ani Naih. **"'Wag mo nga akong payabangan, puwede? Nakakarindi ka na kasi masiyado, eh. Hindi lang ikaw ang may pera sa mundo, kaya 'wag ka masiyadong magyabang. 'Yung pera mo at ng pamilya mo ay idino-donate ko lang!"** pagyayabang pa niya. **"Wala kaming pakialam sa inyo, okay? Kaya 'wag niyo kaming pakialaman. Pare-pareho lang tayong estudyante rito, ang pinagkaiba lang natin--kami ay matalino! Ikaw..."** aniya pa na pinasadahan ng tingin si Aimee at animong naghahagilap ng idedeskripsiyon dito.

"Ano?" naghahamong tanong ni Aimee.

"Maganda..." nakangusong tugon ni Naih at kumunot naman ang noo ni Aimee. **"Matalino kami at ikaw ay maganda!"** paglilinaw niya pa.

"Hahahaha! I know, right? Thanks for the compliment though."

"BWAHAHAHAHA!" malakas na nagtawanan ang mga bakla kasabay nina Naih at Michiko.

"What?" napapahiyang tanong ni Aimee.

"Tara na," anyaya ko. **"Wala ako sa mood ngayon, Aimee, tsaka na lang."**

"I don't care! I feel like doing this now and no one can stop me. So you better--" kusa siyang natigilan sa sasabihin nang ibaba ko ang gamit ko at itaas ang manggas ng blusa ko. **"W-What do you think you're doing?"** nauutal ng tanong niya.

"No one can stop you, 'di ba?" sarkastikong tanong ko. **"Why don't we give it a try? Tingnan natin kung uubra ka sa *lakas* ng *suntok* at *sapak* ko,"** mariing hamon ko at natulala siya.

Napamaang siya tsaka tiningnan ako ng nandidiri. **"You're disgusting!"** singhal niya tsaka nagmadaling umatras papalayo.

"Psh! Ang korni niya, 'no? Sobrang korni." ani Naih. **"Tara na nga, baka ma-late pa tayo."**

Naging abala kami sa klase, gaya ng inaasahan ay sangkatutak na quiz at recitation. Mabilis na pumatak ang oras at dumating ang klase ng History with Chupan the great.

"Good morning, class!" bati niya at tsaka nag-angat ng tingin. **"Oh?"** parang gulat pang aniya nang makita kami ni Naih. **"Nabuhay ang mga prinsesa!"** sarkastikong aniya pa. **"Aba, eh, ang tagal ninyong namahinga, ah? Buti at hindi nagtuloy tuloy? May mga isip pa naman ba kayo?"**

"BWAHAHAHAHAHA!" malakas na umugong ang tawanan sa buong klase.

"Aba, eh, baka naman puro hangin na lang ang laman niyan?" tanong niya pa sa'min na itinuro ang sentido niya.

"May dugo pa rin naman, Sir," sarkastikong tugon din ni Naih. **"Lamang nga lang ang hangin, kahit ikaw, eh."**

"Hambog ka pa ring talaga, Marchessa, at mas lalong naging hambog pa. May sinasabi ka kasi, eh, 'no? Porket mayaman, akala mo kagalang galang ka na? Hahahaha! Hindi mo 'ko mabibili ng pera"

"Hindi mo rin ako mamamanduhan ng talino, Sir, hindi ka rin kagalang galang sa'kin porket saulo mo ang librong inaaral ko. Hahaha!"

"Oh, ikaw?" baling sa'kin ni Chupan. **"May mga bumoto na ba sa'yong makapanatili rito? Hindi ba't pinasisibak ka na? Hahahaha!"**

"Sabay raw siya sa inyo, Sir," pang-aasar muli ni Naih.

"Ah, talaga? Sasabay saan? Sa tingin niyo ay mapapaalis niyo ako rito? Hahaha! Kahit ano pang yaman ninyo ay hinding hindi niyo 'ko mapapaalis sa puwesto ko."

"Kwits lang, Sir, hindi mo rin kami mapapaalis dito, kahit anong yabang niyo," wala na sa sariling sagot ko.

"Hahahaha! Wala kang kupas, del Valle!" halatang nagagalit ng sigaw niya sa'kin.

"Discuss--discuss na, aba!" parinig kunyari ni Naih.

Nakakapagtaka namang hindi na muling sumabat pa si Chupan at nagsimula ng magdiskusyon sa harapan. At tama nga siya, hindi na ako

makarelate pa sa mga pinagsasasabi niya at nakakainis iyon sa pakiramdam. Sa dami ng sinabi niya ay wala akong alam maski isa.

"*Stannaaap*!" turo niya sa'kin.

'Ako agad? May favoritism, tsk!'

"Sir?"

"Who owns the Spratly Islands?" tanong niya na pinakamatunog ang letrang R.

"Spratly Islands, Sir?" pagkukumpirma ko pa.

"Aba'y, yes!" sigaw niya pa.

"Philippines, Sir," tugon ko tsaka ako naupo.

"Oh! *Stannaaap*!" singhal niya at napatayo naman ako. "Sinabi ko bang maupo ka na?" inis na tanong niya.

'Wala ka rin namang sinabing 'wag muna maupo. Tss.'

"Location?" dagdag niya pa at nagtaka naman ako. **"Where it is located?"** pasigaw na paglilinaw niya.

"Southeastern Asia," tugon ko.

"Very good! Hindi talaga nawawala iyang kayabangan mo, eh, 'no? Sit down!"

'Tss. Nakasagot lang--mayabang na? Hanep.'

"Bilib din naman talaga ako sa mga utak ninyo, eh," kunwang namamangha ngang ani Chupan. **"Kaya kayo mayayabang ay dahil mayroon kayong ganito,"** aniya na itinuro ang sariling sentido. **"Pero sige, ipagpatuloy niyo lang 'yan dahil ganiyan din ako noon,"** dagdag niya tsaka ngumisi na akala mo may naalala.

DUMERETSO kami sa Canteen matapos ang pang-umagang klase, hindi namin naiwasang pag-usapan ang naging discussion ni Chupan kanina at ang mga pangdadarag niya sa'min, gayon na rin ni Aimee.

"Taray! Recite kung recite!" biro pa ni BJ habang malanding pumapalakpak. **"'Yan ang students! Bravo!"**

"Inaalam lang nung pangit na 'yun kung may alam pa rin kayo sa klase," turo sa'min ni Migz. **"Eh, napatunayan niyang hindi niya kayo maiisahan, hahaha! Kaya ayun, bagu-baguhan ng attitude ang drama niya, sulat-sulatan na lang sa white board,"** biro niya pa at natawa kami. **"Ewan ko ba sa pangit na 'yun, bet na bet niyang nade-depress ang mga students t'wing discussion! Aba, malamang! Ikaw na ang pag-exam-in ng hindi mo pa naaaral, tapos tsaka niya idi-discuss kung kailan bumagsak ka na sa quiz niya? Nakakaloka!"**

"Kaya ang ginagawa namin ni Max ay nag-a-advance reading kami, binabasa namin sa bahay 'yung discussion sa umaga tapos babasahin namin 'yung susunod na topics, para kapag nagklase ay may ideya na kami, lilinawin niya na lang kung tama kami sa pagkakaintindi, hehehe," kwento ni Naih.

"Diyos ko, teh! Hindi na advance reading ang tawag d'yan kundi penitensiya! Letse! Magbigte na lang tayo!" biro ni Migz. **"Eh, kung i-advance ko rin ang buhay niya? Hahaha!"**

"Oo sige, teh," sang-ayon kunyari ni BJ. **"At kapag nakarating sa kaniya 'yan, advance rin ang pag-graduate mo, wala ka nga lang diploma. Hahaha!"**

"Nakakaloka ang mga pasabog niyo, teh, ah?" baling na naman sa'min ni Migz. **"Well, alam na namin ang history niyong dalawa! Hindi man lahat lahat pero meron pa rin kaming idea, and all I can say is that, *nakakaloka*!"**

"Bakit na naman?" natatawang tanong ni Naih.

"Hindi kami makapaniwala sa mga issues, may eksena pa kayong magmukhang dukha, na nagampanan ninyo naman ng maayos, tapos mayayaman naman pala kayo! Mga eksena niyo pa naman ay masiyadong pa-*api*, eh, mga bigtime naman pala kayo! 'Yung drama dramahan ng Maxpein sa burol at lamay ni Dean Echavez tapos malalaman ko ay ex-girlfriend ka pala ni Randall? My God! Pati 'yung mga eksenahan ng Deib at Kim na nauwi sa sakitan, Diyos ko! Hindi ko kinaya ang mga isyung ito! Kung hindi pa sinabi ni Kim ay hindi namin malalaman!" kuwento niya at bahagya na naman kaming natigilan ni Naih.

'Ano naman kaya ang pumasok sa kukote niya at ipinagsabi niya ang lahat ng iyon? Anong gusto niyang palabasin? Tss. Hindi ko inaasahang siya pa ang magkukuwento sa mga tao tungkol doon.

"Sasabay raw sila Maxwell sa'tin ngayong lunch kaya hintayin na natin sila," ani Naih pagkaupo namin sa sarili naming table sa Canteen.

"Sinong sila?" tanong ko.

"Kasama raw niya sina Mokz at Maxrill," tugon niya at tumangu-tango naman ako bilang tugon. Napahikab naman ako sabay sandal sa silya ko, masiyadong nakakaantok ang araw na 'to at bitin din ang tulog ko.

"Wow, as in sasabay sila sa'tin?" namamanghang sabad ni Michiko. **"As in makakasama natin silang kumain?"**

"Ay, teh! Ugaling ugali mo 'yung paulit-ulit pa, eh, 'no?" biro ni Migz. **"Oo nga raw, 'di ba? Sasabay nga raw, 'di ba?"**

"Kinukumpirma ko lang, Migz, hihihi."

"Kailangang ora mismong kumpirmasyon, teh?" biro uli ni Migz at nagtawanan naman silang lahat.

"Alam mo, Max, no offense meant, pero hindi talaga ako makapaniwalang kapatid mo 'yun si Maxrill! Tsk! Ang gwapo niya, grabe!" ani BJ, kunot-noo naman akong napatingin sa kaniya.

"Bakit naman?" natatawang tanong ni Naih sa kaniya.

"Hindi kasi sila magkamukha."

"Ha? Hahaha, eh, hindi naman talaga lahat ng mga magkakapatid ay magkakamukha, may mga naiiba talaga." palusot pa ni Naih. Wala pa ring ideya ang mga kaibigan namin na hindi ko kapatid ng buo iyong dalawa dahil hindi ko pa binabanggit sa kanila.

"Sabagay, sino ba ang kamukha mo, teh?" seryosong tanong ni BJ sa'kin.

"Erpats ko," tugon ko. **"Si Maze ang kamukha nung dalawa."**

"Ah, ganon ba? Si Mokz ay Lolo mo, 'di ba? At Daddy siya ni President Moon?" tanong uli ni BJ at tumango naman ako.

"Eh, nasaan ang Daddy mo?" sabad ni Michiko.

"Nakila Maze."

"Bakit hindi kayo magkasama?"

"Teh, nakita mo naman kung paano ang treatment ng mga Moon kay Max, 'di ba?" muling sabad ni Migz dahilan upang hindi na ako makasagot sa tanong ni Michiko. **"May *something* sila."**

"Anong something?" takang tanong ni Michiko.

Ngumiwi naman si Migz. **"Something different! Something uncommon! Something that's not right! Hala siya, kailangang detalyado talaga ng bongga kapag ang Michiko ang kausap."**

"Hihihi, I'm sorry, I'm losing all my senses." tumatawa pang ani Michiko at nagkatinginan naman kaming lahat maliban sa kaniya.

"Ha?" inosenteng tugon ni Migz. **"Bahala ka sa buhay mo, teh. Haha!"**

"Bakit nga pala *Mokz* lang ang tawag mo sa kaniya, teh?" seryosong tanong ni BJ. **"Pwede namang Lolo, Grandpa, Granny, Lowlo--or kung bakla rin siya, pwedeng Lowla! Bwahahaha! Kaysa naman Mokz! Ang weird, parang ikaw lang, hehehe."**

"Ayaw niyang nagpapatawag ng ganon," sagot ko. **"Sanay siyang tinatawang na Mokz."**

"Ganoon siya ka-cool," sabat ni Naih.

"Ang cool nga, hehehe," tatangu-tangong sang-ayon pa ni BJ. **"Sana ay ganoon din ang Lolo ko, kaso hindi, eh! Masiyado siyang masungit, araw-araw galit."**

"Gaga, sa'yo lang galit 'yun dahil nga bakla ka!" biro pa ni Migz.

"Maka-bakla ka naman, teh, parang babaeng babae ka naman!"

"Hindi naman, mas maganda lang talaga ako sa'yo." mataray na ani Migz, tsaka muling tumingin sa'kin. **"Eh, si Chairman Moon kaanu-ano mo, teh?"**

"Si Chairman Moon ay Lolo ko sa father side, si Mokz ay sa mother side." tugon ko.

"Eh, bakit pareho silang Moon? Saan niyo naman nakuha ang Moon na 'yan? Hindi ba't mga del Valle kayo? Makaarte lang, ganon? Nakakapagtaka lang." usisa niya pa at ipinaliwanag ko naman sa kanila ang paliwanag ko noon kay Sensui. **"Ay, ang bongga, ah?"**

"Eh, bukod sa Moon, meron din bang Sun? Hehehehe." sabad ni Michiko.

"Meron," tugon ko at nanlaki ang mga mata niya.

"Seryoso?" seryoso talagang tanong pa ni Michiko. Napabungisngis naman ang mga kasama namin.

"Ay, oo, teh! Meron nga rin daw stars, ecosystem at planets!" ani Migz at muli kaming nagtawanan. Nagkuwentuhan pa kami habang naghihintay.

DEIB'S POV

"Okay, class, dismiss," anunsiyo ng Lecturer tsaka dumeretso papalabas.

Isa isa namang nagsipagtayuan ang mga kaklase namin at nagkani-kaniyang labas sa kuwarto. Naging abala pa muna kami ng mga kaibigan ko sa pag-aayos ng gamit bago tuluyang nakalabas.

"Pupunta muna ako sa washroom," paalam ni Lee.

"Teka, ako rin," ani Tob. **"Samahan mo na lang kami, dre,"** anyaya niya pa sa'kin.

Pinandilatan ko naman siya ng mata. **"Hindi na! Tch! Magbabanyo lang--magpapasama ka pa? Kayong dalawa na lang! Nakakadiri kayo!"**

"Anak ng... anong nakakadiri ron?" singhal niya sa'kin at napanguso naman ako. **"Nagpapasama lang--nakakadiri na? Eh, di 'wag kang sumama, maghintay ka riyan!"**

"Kabadingan mo kasi, pupunta lang sa washroom, tayong tatlo pa? Tch!"

"Eh, puwede ka namang 'wag na lang sumama kung ayaw mo. May sinasabi ka pang nakakadiri--ikaw ang bading, eh!" natatawang aniya pa.

"Peste! Mauuna na ako sa locker, ayaw kong bitbitin 'tong bag ko," paalam ko. **"Magkita na lang tayo sa Canteen,"** dagdag ko pa tsaka ako dumeretso pababa ng building papunta sa locker area.

Naglalakad na ako papuntang Canteen nang aksidenteng mamataan ko si Maxwell sa tagong parte ng Batibot. Nakapamulsa ang dalawang kamay nito habang salubong na salubong ang dalawang kilay, nakatingin sa harap na animong may kausap. At kung may kausap man ito ay hindi ko nakikita dahil may poste na sa gawing iyon.

'Anong ginagawa niya riyan?'

"Tsh, I didn't expect to see you here," mahinahong ani Maxwell ngunit bakas ang inis sa tono at itsura niya.

"I didn't know that you're still interested," sarkastikong tugon ng pamilyar na tinig ng lalaki.

Marahan akong dumako sa kabilang gawi ng poste kung saan alam kong hindi nila ako makikita at saka ako sumilip doon. Nanlaki agad ang mga mata ko nang mamataan kung sino ito.

'Randall?'

Sarkastiko naman ang itsura ni Randall kaya hindi na ako nagtataka kung bakit ganon ang itsura ni Maxwell.

'Anong ginagawa nilang dalawa rito? At bakit ganiyan sila kung mag-usap? May kinalaman kaya ito sa naging komprontasiyon nung nakaraan?'

Ang daming tanong sa isip ko pero hindi iyon maganda sa pakiramdam ko. Hindi ko naman talaga ugaling makinig sa usapan ng iba pero isip ko na mismo ang nag-uutos sa'kin na makinig at itinutulak naman ako ng puso ko para sundin ang isip ko. Gusto kong malaman kung bakit ganito ang paraan nila ng pag-uusap.

"Ang makita ka rito ay hindi interesante," ani Maxwell sa mahinahon ngunit nakakainsultong paraan. **"You don't belong in this school that's why it's surprising to see you."**

"I came for a reason," pormal na tugon ni Randall.

"You came for Pein," pagdederetso ni Maxwell at natigilan si Randall.

Ngumiwi pa si Randall tsaka nakangiting nagkibit-balikat. **"Mm, maybe? Maybe yes, maybe no, hahaha."**

"Come on, Randall," natatawa rin kunyaring ani Maxwell. **"Hindi ko maintindihan kung bakit kailangan mo pang guluhin ang kapatid ko matapos nang mga ginawa mo?"**

"Hindi ko siya ginugulo," seryosong tugon ni Randall.

"Then why are you here?"

"Dito rin nag-aaral ang girlfriend ko."

"Pero hindi rito ang campus ng girlfriend mo, high school campus ito at si Pein lang ang puwede mong puntahan rito."

"How can you be so sure?" sarkastiko na namang tanong ni Randall.

"Dahil nasisiguro kong hindi mo na babalikan pa si Kim dito at alam kong gusto mong makita si Pein," deretsong tugon ni Maxwell, natigilan naman ako at sunod sunod na napalunok. Napakaprangka niya. **"Huwag mo akong gawing tanga, alam ko ang pinagdaanan ng naging relasyon ninyo kaya hindi mo ako maloloko, alam kong si Pein ang dahilan kung bakit ka nandito. Am right or am I correct, *stupid*?"** prangkang tanong ni Maxwell at napamaang si Randall tsaka bahagyang bumungisngis.

"You really are my bestfriend, Maxwell," natatawang ani Randall habang kunwaring nilalaro ang isang maliit na bato sa paanan niya. Napamaang naman ako. **"Alam na alam mo talaga ang takbo at ikot ng utak ko."**

'Bestfriend? Magbestfriend sila? Tch! 'Wag kang tanga, Deib! Sinabi na nga, eh!'

"Pero dahil sa ginawa mo, kinalimutan ko nang bestfriend kita," sarkastikong tugon ni Maxwell.

"Bakit ba hanggang ngayon ay hindi mo matanggap, ha? Hiwalay na nga kami, 'di ba? Minahal ko ang kapatid mo at minahal niya rin ako," tugon ni Randall at bakas na ang pagkapikon sa tono nito. **"Hanggang ngayon ay hindi mo maintindihan ang simpleng dahilan na 'yon, Maxwell. We loved each other and you can do nothing about it!"**

"And what happened?" agad na buwelta ni Maxwell. **"What happened when you *loved* each other?"** sarkastikong dagdag niya pa at hindi naman nakasagot si Randall at bahagyang napamaang sa kaniya. **"I never cared about your feelings towards Pein because all I cared about**

is her feelings for you. Alam ko kung anong klaseng lalaki ka at alam kong masasaktan mo lang siya--at pinatunayan mong hindi ako nagkamali sa iniisip ko. Niloko mo ang kapatid ko," tiim-bagang na pagdidiin niya pa. **"Sinabi kong lapitan mo nang lahat ng babaeng kilala ko *huwag* lang ang kapatid ko."**

"Pero pinatino ako ni Pein, Maxwell."

"Pinatino ka niya sa panandalian panahon at oo, pati ako ay napaniwala mong *tumino* ka na nga kaya nga naging ayos uli tayo, 'di ba? Bumalik tayo sa dati, pero ano ang ginawa mo? Sa huli ay niloko mo pa rin si Pein, gaya lang nung mga panlolokong ginawa mo sa mga ex-girlfriends mo. Bilang bestfriend mo, buo ang tiwala ko sa'yo pero ikaw rin mismo ang sumira n'on nung lokohin mo ang kapatid ko."

"Don't be selfish! Hindi ko mapipigilan ang kusa kong nararamdaman!"

"Hindi ko sinabing pigilan mo pero sana ay hindi mo na lang itinuloy! Ikaw mismo ay aminadong babaero ka," hindi na maitago ni Maxwell ang galit sa tono at itsura niya. **"Sa lahat na lang ng bagay ay pilit mo akong kinakalaban sa hindi ko maintindihang dahilan. Nakikipagtaasan ka sa'kin at minsan ay pinagbibigyan pa kita kahit alam nating parehong lamang na lamang ako sa'yo. Hindi ko inaasahang titirahin mo ako sa *kahinaan* ko, nakipagrelasyon ka sa kapatid ko at matapos ang halos dalawang taon ay iniwan mo? Tarantado!"** biglang singhal ni Maxwell at naiiwas ni Randall ang tingin.

'Gago ka talaga, Randall.'

"Ang hirap sa'yo, lahat na lang ng babae ay nagugustohan mo," dagdag pa ni Maxwell. **"Wala kang pinalalampas. Lahat naman sila ay niloloko mo, ano ba ang nangyayari sa'yo? Wala akong maireklamo sa'yo bilang matalik na kaibigan dahil nasa iyo ang lahat, pero *iyan*,"** itinuro niya pa ang dibdib ni Randall. **"Iyang pagkahilig mo sa babae ang hindi ko maintindihan lalo na at mismong kapatid ko ay ginago mo."**

"M-Maxwell..."

"Bestfriend kita pero kapatid ko 'yun. Iniwasan ka na nga nung tao--lumapit ka pa," kunot-noong dagdag ni Maxwell, hindi niya na maitago ang galit na itsura niya. **"Nung mamatay ang Daddy mo, pinakisamahan kita, hindi ako nagpakita dahil alam kong si Pein lang ang may kakayahang makapagpatahimik sa'yo nung oras na 'yon. Nailibing na ang Daddy mo't lahat pero wala kang narinig sa'kin. Bakit naman**

sumugod ka pa kay Maxpein at nagtanong? Sinasaktan mo talaga siya ng todo!" asik niya pa.

"Kung ikaw ang nasa sitwasiyon ko, paniguradong gagawin mo rin 'yung ginawa ko. Gusto ko lang malaman 'yung totoo. Maxwell, maniwala ka sa'kin, hindi ko intensiyon na saktan siya. Katotohanan ang gusto kong malaman."

"Then stop showing up!" singhal ni Maxwell dahilan upang matigilan si Randall. **"Kung talagang ayaw mo siyang saktan ay huwag ka ng magpakita pa sa kaniya. 'Wag mo na siyang puntahan at umiwas ka sa lugar kung saan alam mong nandoon siya. Kung wala ka talagang intensiyon na saktan siya ay 'wag ka ng magpakita pa. Ganon lang kasimple, Randall, dahil sa tingin ko ay wala ka ng dahilan para umaligid pa sa kapatid ko."**

"Maxwell..."

"Lalaki rin ako at alam ko na ang lahat ng ginagawa mo ay may kinalaman sa nararamdaman mo. Naniniwala akong may nararamdaman ka pa para kay Pein at naniniwala rin akong may dahilan kung bakit mo siya sinaktan. Tsh. Pinaniniwalaan ko ang lahat, pero hinding hindi ako maniniwalang hindi siya ang dahilan kung bakit nandito ka pa."

'Tch! Oo nga! Ano nga ba kasing ginagawa niyan dito? Tsk!'

"Kung ayaw mong lumaki pa 'yung gulo sa pagitan natin ay umalis ka na," suhestiyon ni Maxwell. **"Nandito sina Mokz at Maxrill, sa tingin ko ay hindi rin magandang magpakita ka kay Pein dahil mukhang ayos na ayos siya ngayon. Pakiusap, 'wag mong sirain ang araw niya."**

"I want to see her," pag-amin ni Randall at napabuntong-hininga naman si Maxwell.

'Tch! Bakit gusto niya siyang makita? Para saan pa? Tsk! Kahit kailan ay ang tanga ni Randall! Badtrip!'

"No," tanggi ni Maxwell. **"Ako na ang nakikiusap sa'yo, tigilan mo na, Randall."**

"Gusto ko siyang makita at walang makakapigil sa'kin, Maxwell," pagmamatigas ni Randall sa mahinahong paraan. Nang silipin ko siya ay nakita ko ang sinseridad sa mga mata niya. **"Hindi ko rin alam kung bakit ganito ang nararamdaman ko pero sa ngayon, ang alam ko lang ay gusto ko siyang makita at wala ng iba,"** walang bahid ng pag-aalinlangang dagdag niya pa.

"Para saan pa?" kunot-noong tanong ni Maxwell. **"Para tanongin na naman siya kung bakit hindi ka niya ipinaglaban? Tanga ka ba talaga?"**

"Kaunting pang-intindi naman, Maxwell," pakiusap pa nito.

"Ubos na ang pang-intindi ko sa'yo, sino ang makakaintindi sa isang *babaerong gago* na gaya mo? Walang ibang mahalaga sa'yo kung hindi ang sarili mo, Randall."

"Hindi ganon 'yon!" asik nito. **"Hindi mo lang naiintindihan dahil hindi ikaw ang nasa sitwasyon ko."**

"Hindi ko talaga maiintindihan dahil hindi ako gagong tulad mo."

Nanuyo ang lalamunan ko sa namumuong tensiyon sa pagitan nila. Bagaman mahina ang usapan nila ay mababakas ang galit sa mga mata at kilos nila. Mabuti na lang at lunch break kaya bibihira ang dumaraang estudyante.

"Nililigawan ko si Angel pero dahil na-in love ka kamo sa kaniya nung makasama mo siya ay nagpaubaya ako sa'yo, dahil kaibigan kita. Nagkataon namang gaya mo ay hindi rin ganoon katino si Angel pagdating sa relasyon kaya ang nangyari ay nanlalaki rin siya at iniwan ka. Dahil tinamaan kamo ang ego mo ay hindi mo matanggap at hindi mo ibinaba ang pride mo para hindi ka magmukhang naghahabol sa kaniya. Nagkataon namang busy ako at kapatid ko ang nakakausap mo. Ilang buwan lang ang nakalipas ay paulit-ulit mo ng hinahanap ang kapatid ko at dahil nakakahalata na ako, pilit ko pang inilayo siya sa'yo, pero ano? Sa sobrang tinik mo ay nagawan mo pa rin ng paraan para makuha ang atensyon niya at nang ma-in love na sa'yo, akala ko ay *hindi* mo siya igagaya sa mga babaeng niloko mo at hindi mo siya magagawang *lokohin* dahil bukod sa'kin na kaibigan mo, alam kong seryoso ka sa kaniya. Pero nagkamali ako, at ang mas matindi pa r'on, ipinamukha mo pa talaga sa'kin na mali ako!"

"Tigilan mo na, Maxwell."

"At hindi ka pa nakuntento, matapos mong lokohin ang kapatid ko ay si Dein ang ipinalit mo? Si Dein na alam mo naman na gustong gusto ko," pagdidiin pa ni Maxwell at doon ako lalong natigilan.

Muling nagpaulit-ulit sa pandinig ko ang huling linyang sinabi niya at bawat kataga ay naiiwan sa utak ko. Hindi ko napigilan maiawang ang bibig ko at mapamaang sa seryoso at nakakunot-noong mukha ni Maxwell. Hindi ako nakakilos at hindi ko magawang ipihit ang ulo ko. Gusto kong

lumingon sa kaliwa't kanan kung may nakamasid ba sa'kin pero hindi ko magawang igalaw ang katawan ko. Talagang nagulat ako sa nalaman ko.

'W-What the hell? May gusto siya kay Dein? Si Maxwell? Kay Dein? P-Paano?'

Kung anu-anong tanong na naman ang namuo sa utak ko. Nakakapagtaka ang kaalamang iyon.

"Bestfriend nga kita pero tinarantado mo ako ng higit pa sa inakala ko, ginago mo ako ng harap harapan. Hindi talaga kita maiintindihan dahil marunong akong tumingala at rumespeto ng babae, hindi ako gaya mo. Sinong babae ba ang hindi mo pinaiyak? Kunsabagay, ultimo sarili mong nanay ay napapaiyak mo."

"Enough!" singhal ni Randall. **"Hindi lahat ay alam mo kaya 'wag kang magsasalita ng kung anu-ano lalo na pagdating sa pamilya ko."**

"Masiyadong predictable ang takbo ng utak mo at gayon na rin ang mga kilos mo kaya hindi mo na ako maloloko. Lumayo ka na sa kapatid ko kung ayaw mong ako mismo ang maglayo sa kaniya," banta ni Maxwell at bahagyang kumunot ang noo ko, sa hindi maipaliwanag na dahilan ay kinabahan ako.

"Hindi mo ako mapipigilan," seryosong tugon ni Randall.

Nginisian niya ito. **"'Wala sa plano ko ang pigilan ka, alam kong si Pein ang makakapagpatigil sa'yo,"** sarkastikong ani Maxwell tsaka siya tinalikuran.

Nagmadali akong magtago papunta sa kabilang gawi ng Batibot upang hindi nila ako makita. Tinanaw ko pa si Maxwell habang tinatahak ang daan papunta sa Canteen, kasalubong na niya ang mangilan ngilang estudyante na naglalakad pero malayo sa gawi namin. May kainitan din kasi ang bahaging iyon ng Batibot kaya paniguradong walang tatambay na estudyante.

Sandali ko pang sinilip si Randall na nakatayo pa rin sa puwesto niya, nakatungo ito at panay ang iling kasabay ng pagbubuntong-hininga. Pakiramdam ko ay hindi niya rin nagustohan ang naging pag-uusap nila ni Maxwell. Salubong pa rin ang kilay niya nang tanawin ang papalayong si Maxwell tsaka siya pumihit papalayo.

'Nakakabadtrip na, ah? Kailan ba talaga matitigil ang pagkakaipon ng mga tanong sa isip ko? Paanong nangyari ang ganito? Tsk! Nakakayamot!'

Sandali ko pang kinalma ang sarili ko tsaka ako naglakad papasok sa Canteen, nagulat pa ako nang makita kong nandoon na sa table namin sina

Lee at Tob na mukhang hinihintay ako. Malayo pa lang ako sa kanila ay sina Maxwell at Taguro na agad ang nahagip ng paningin ko.

'Tch! Napakagulo ng lahi niyo.'

OceanofPDF.com

CHAPTER 98

MAX'S POV

"Oh, heto na pala si Maxwell, eh." ani Naih at napalingon naman kami sa gawing tinitingnan niya. **"Akala ko ba ay kasama niya sina Mokz at Maxrill?"**

Nilingon ko si Maxwell at salubong na salubong ang mga kilay niya kaya medyo nagtaka ako. Agad siyang naupo sa tabi ko at pilit na ngumiti. Pinagmasdan ko pa muna siya.

'Ano naman kaya ang nangyari rito?'

"Gutom na ba kayo? Sandali, order muna ako," ani Maxwell.

"Are you okay?" bulong ko at bahagya siyang natigilan tsaka pilit uling ngumiti bago tumango. **"Nasaan sina Mokz?"**

"They're coming," tugon niya tsaka tumayo at dumeretso sa line para um-order, sinamahan naman siya nung dalawang bakla.

"Ano naman kaya ang nangyari r'on?" tanong ni Naih habang nakatanaw kay Maxwell, kilala niya rin ang mga kilos nito kaya paniguradong ipinagtataka niya rin ang itsura nito. Nagkibit-balikat lang ako sa kaniya bilang tugon. **"Ang weird, sanay akong seryoso siya pero hindi siya mukhang basta basta seryoso ngayon, mukha siyang galit! Psh! Pansin mo?"**

"Mm," tipid na tugon ko sabay tanaw rin kay Maxwell, madalang ko rin makita si Maxwell na ganiyan ang reaksyon kaya medyo nagtaka ako. Alam kong may nangyari at ginugulo niyon ang isip niya.

"Oh, si Sensui, oh," ani Naih at hindi naman ako lumingon sa gawi ng entrance. Umugong agad ang sigawan ng mga babae kaya nasisiguro kong siya nga ang bagong dating. **"Hala! Mukhang galit din! Hahaha! Ano ba ang meron sa dapit-hapon at mukhang galit ang mga tao ngayon?"** biro niya pa.

Natanaw ko na lang si Sensui nang maupo na ito sa mesa nila ng mga kaibigan niya.

Umugong naman ang ingay ng mga babae at isinisigaw naman ay ang pangalan ng kapatid ko.

"KYAAAAAAAH! MAXRILL!"

"ANG GWAPO MO, MAXRILL!"

"PLEASE, MARRY ME!"

"Ha ha ha ha ha ha!" agad na nangibabaw ang napakalakas na tawa ni Mokz mula sa malayo kaya bahagya akong napabuntong-hininga. Nakangiti namang tumanaw si Naih sa kanila. **"Good afternoon, geniuses! Good afternoon! Ha ha ha ha ha!"** malakas pang bati niya sa paraan na animong nangangandidato.

"Ang lakas talaga ng sapak ni Mokz, 'no?" natatawang biro pa ni Naih at napailing na lang ako.

"Annyeong!" bigay na bigay pang bati ni Maxrill matapos maupo sa tabi ko. Naka-peace sign pa ito at hindi na halos makita ang mga mata sa sobrang pagkakangiti.

"Ha ha ha ha! I like it here," ani Mokz na nakangiti pa ring nakamasid sa mga estudyanteng nakatingin sa'min. **"All of the geniuses are greeting me, very nice,"** dagdag niya tsaka lumingon sa'kin. **"Where is your brother?"** patungkol niya kay Maxwell at inginuso ko naman ito, bahagya pa itong nagtaka nang makitang um-o-order ito mag-isa. **"There is no servant?"**

"Kani-kaniyang kilos dito, Mokz," natatawang tugon ni Naih.

Napanganga si Mokz tsaka tumango. **"I'm waiting for Chairman Enrile to arrive. Aissh, he's late,"** inis pang anas niya.

"Lolo ni Deib 'yun, 'di ba?" inosenteng tanong pa sa'kin ni Naih.

"Deib Enrile, hmm, nice name," tatangu-tangong ani Mokz habang may nanunuksong tingin sa'kin. **"He's interesting and he's your friend, right?"**

"Hahaha! He's a very close friend," mariing biro pa ni Naih. Hindi naman na nagawang sumagot pa ni Mokz dahil dumating na si Maxwell. **"Kainan na!"**maingay pang dagdag ni Naih.

Isa-isa pa muna naming ipinakilala kila Mokz ang mga kasama namin bago kami sabay sabay na kumain. Maraming mga matang nakamasid sa amin, alam kong kabilang sa mga iyon ang feeling F4 pero hindi ko na sila napapansin. Panay ang kuwento nina BJ, Migz at Michiko patungkol sa'min ni Naih at pare-pareho naman kaming nakinig sa kanila. Panay ang tawa ni Mokz sa mga ito at minsan pa ay nagbibiro.

"Ha ha ha ha ha! Really?"

"Yes po," tugon ni BJ kay Mokz. **"Alam niyo po ba na silang dalawa lang lagi ang nakakasagot sa mga recitation nung Lec na 'yon?"** patungkol niya pa kay Chupan. **"Nakakainis na nga kasi parati pa rin silang pinagtri-trip-an."**

"Ah, yeah, maybe that's his way of teaching, ha ha ha ha ha!"

"500 items--quiz? Hindi na po makatarungan iyon."

"Pumasa ka naman ba?"

"Oo naman po!" taas-noong tugon pa ni BJ.

"Ha ha ha ha! Oh? Ano ang problema? Kayang kaya niyo naman palang ipasa ang 500 items niya, bakit nagrereklamo ka pa?" nakangiti ngunit seryosong ani Mokz. **"Wala kayong dapat na ikagalit sa kaniya dahil kung iyon ang paraan niya ng pagtuturo, congratulations sa kaniya dahil natuto kayo. Ha ha ha ha!"**

"How long do you plan to stay here?" seryosong tanong ni Maxwell sa kalagitnaan ng kasiyahan.

Tumaas naman ang kilay ni Mokz. **"What kind of question is that? It's as if you're just waiting for me to leave,"**

"I'm just asking."

"Ah, yeah, your little brother wants to stay here longer, but I'm planning to stay until the sportsfest is over."

"That long?"

"Why not? Ha ha ha ha ha!"

"Aren't you studying?" kunot-noong baling ni Maxwell kay Maxrill, may bahid ng pag-aalala sa tono nito.

Napahinto naman sa pagsubo si Maxrill at nanunulis ang ngusong nag-angat ng tingin sa kaniya. **"I d-don't go to school anymore."**

"What?!" sabay naming tanong ni Maxwell kay Maxrill, bahagya pa nitong naiharang ang dalawang kamay niya sa mukha.

"I already told you, Noona, I want to stay here," nakanguso pa ring tugon niya habang nakatingin sa'kin.

"Hindi mo kakayanin dito," inis na tugon ni Maxwell.

"Why not? I can speak filipino and I know our culture. I like it here, Hyung, I want to stay here," seryosong tugon ni Maxrill bagaman nakalabi pa rin. **"I can talk to Mommy if it's necessary. I've already decided--I'm staying."**

"Andwae!" hindi pagsang-ayon ni Maxwell. **"You will go back to Korea and stay with Mokz."**

"Hyung?" nakikiusap ang tonong paglalambing ni Maxrill.

"You are staying in Korea," pagtatapos ni Maxwell sa usapan at hindi naman na nagpumilit pa si Maxrill, batid kong may kakayanan pang mangulit ito pero dahil may ibang tao ay hindi niya magawa. Nanatili siyang nakanguso at nawalan na ng ganang kumain, hindi siya makahingi ng tulong sa'kin dahil alam niyang hindi rin ako sang-ayon na manatili siya rito.

Mabilis naming tinapos ang tanghalian at sabay sabay rin kaming lumabas ng Canteen at nagpaalaman sa harap ng Batibot.

"Study well," habilin pa ni Mokz. **"Okay? Ha ha ha ha!"**

"I'll see you later," seryoso pa ring ani Maxwell at tinanguan ko naman ito.

Lumapit ako kay Maxrill na nagmamaktol pa rin. **"Cheer up, I'll see you later."**

"We will be having a dinner with Chairman Enrile later, Maxpein," pahabol ni Mokz. Agad namang kumunot ang noo ko. **"All of us,"** dagdag niya na animong nabasa ang tanong na *bakit* sa isip ko. **"Dinner lang iyon, Maxpein. Maxwell knows the venue."**

"Susunduin kita," ani Maxwell at tumango na lang ako. **"Wear something comfortable,"** dagdag niya tsaka tinalikuran kami. Kumaway pa sila habang papalayo.

Nang makarating kami sa classroom ay inantok agad ako sa paunang klase, pinipilit kong makinig kahit na panay ako hikab.

DEIB'S POV

Hanggang ngayon ay hindi ko lubos maisip ang lahat ng narinig ko, hindi ko pa rin magawang paniwalaan ang mga ito. Hindi ko halos maintindihan ang sinasabi ng mga kaibigan ko dahil ang usapang iyon nina Maxwell at Randall ang siyang tumatakbo sa isip ko. Nandito kami ngayon sa Canteen at gaya ng dati ay wala na naman ako sa sarili. Maski si Taguro ay panandaliang nawala sa isip ko.

'Paanong nangyaring nagkaganon? Tsk! Ayon sa pagkakatanda ko ay hindi magkakilala sina Maxwell at Noona, tapos malalaman ko ngayong may gusto si Maxwell sa kaniya? Kung magsalita siya ay parang ipinaubaya niya rin kay Randall si Noona? Nasa lahi ba nila ang magpaubaya? Tch! Sabagay, parang ganoon din naman ang ginawa ko kay Kim. Badtrip! Ang hirap mag-isip!'

"Deib," biglang tawag sa'kin ni Lee dahilan upang matinag ako. **"What's wrong with you?"** tanong niya pa at napabuntong-hininga naman ako.

'Sasabihin ko ba sa kanila? Tch! Baka naman hindi sila interesado?'

"Ayos ka lang ba, dre? Mukha ka ng matanda dahil kanina pa kulubot 'yang noo mo," biro ni Tob at sininghalan ko naman ito ng tingin.

"Narinig ko kasi sina Maxwell at Randall na nag-uusap kanina," panimula ko at tumungin naman sila sa'kin, nakikinig ng mabuti. **"Aksidente ko lang silang nakita pagbaba ko kanina, kinailangan kong magtago dahil ayaw kong makita nila akong nakikinig sa usapan nila."**

"Naaaay! Tsismoso 'to, eh!"

"Shut up, Tob! I was just curious!"

"Tsismoso nga--pinaganda mo lang!"

"Tob, hayaan mo na lang kasi siyang magkuwento," saway sa kaniya ni Lee.

"Psh! Isa ka pang tsismoso, eh!" biro ni Tob sa kaniya tsaka sila muling bumaling sa'kin.

"Randall and Maxwell are bestfriends," panimula ko. **"Ayaw ni Maxwell si Randall para kay Taguro dahil alam niya ang pagiging babaero nito,"** dagdag ko at pareho nila iyong ikinagulat. **"Pero base sa narinig ko ay maaaring pumayag na rin si Maxwell nung huli dahil bukod sa mahal talaga nila ang isa't isa ay inakala niyang nagbago na si Randall, pero hindi niya raw inakalang magagawa niya pa ring lokohin si Taguro."**

"Ibig sabihin ay dati na talagang babaero 'yun?" parang gulat pang tanong ni Tob.

Tumango naman ako. **"Ang sabi sa'kin ni Noona ay si Taguro lang daw ang nakapagpabago sa kaniya."**

"Paano?" tanong naman ni Lee.

Umiling agad ako. **"Hindi ko alam kung paano dahil hindi naman na 'yun naikuwento sa'kin ni Noona. Ang pakiramdam pa nga raw niya ay bumalik sa pagiging babaero si Randall at *siya* raw ang babae nito, dahil siya ang naging dahilan kung bakit nagbreak sina Randall at Taguro,"** mahaba pang kuwento ko.

"Tsk tsk. Ilang beses din natin nakasama si Randall pero hindi ko talaga alam na may ugali siyang ganiyan?" ani Tob.

"Dahil sila na ni Noona nung makasama natin siya," tugon ko. **"Hindi natin nakilala si Randall bago maging sila ni Noona."**

"Ang hirap magalit sa kaniya dahil alam ng lahat kung ano ang pinagdadaanan niya ngayon," ani Lee, ang pagkamatay ng Daddy ni Randall ang tinutukoy nito. **"Natatakpan ng awa sa kaniya 'yung galit ko."**

"Kahit na, dre," ani Tob. **"Sshhk! Ilang babae na ba ang nadikit sa kaniya? Psh! Kailangan ko sigurong ilayo si Michiko sa kaniya!"** aniya pa. **"Sshhk! Akala ko pa naman ay dahil lang sa pagkamatay ng Daddy niya kaya siya nagkaganoon, 'yun pala ay sakit niya na talaga 'yon? Oh, eh, ano ang ginagawa niya rito? Pumunta siya rito para lang makipag-usap kay Maxwell?"**

"Iyon pa ang isa," tugon ko. **"Hindi siya maintindihan ni Maxwell kung ano ang ginagawa niya pa rito, tinatanong siya ni Maxwell pero ang sagot nung isa, dito raw nag-aaral ang girlfriend niya. Ang sagot naman ni Maxwell ay nasa high school campus siya at wala rito ang girlfriend niya, alam daw niya na si Taguro lang ang puwedeng maging dahilan kung bakit pa siya pumupunta rito,"** mahabang paliwanag ko.

"May punto siya," sang-ayon ni Tob.

"Maybe he wants to talk to her again? What happened last time is still unclear," ani Lee. **"Baka may mga bagay pa siyang gustong itanong at alamin."**

"Pero hindi dapat dito!" asik ko. **"Tch! At saka, tanga ba siya? Sariwa pa 'yung nangyari nung nakaraan sa TB, bakit ngayon agad siya pumunta?"** kunot-noong tanong ko. **"Hindi ba siya makapaghintay para maging okay muna si Taguro bago kusang lapitan para kausapin? Sa tingin ko ay hindi pa masiyadong ayos si Taguro,"** nakanguso pang dagdag ko. **"Kaya sana ay hindi niya na muna kulitin! Panigurado namang pupuntahan siya n'on kapag handa na siyang kausapin!"**

"Eh, bakit nagagalit ka?" tanong ni Tob at napamaang ako sa kanilang dalawa.

"H-Hindi naman ako nagagalit, dre, naiinis lang ako," palusot ko. **"Kasi siyempre, damay na naman ang kapatid ko."**

'Bakit nga ba nagagalit ako? Tch! Eh, wala namang nakakagalit doon!'

"At may nalaman pa ako," pag-iiba ko ng usapan, tumingin naman silang dalawa sa'kin. **"Ipinaubaya lang ni Maxwell si Noona kay Randall,"** dagdag ko at napamaang sila. **"Hindi ko alam ang kabuuan,**

pero sa tingin ko ay hindi nagawang pormahan ni Maxwell ang kapatid ko. Ang sabi niya kasi, matapos daw lokohin ni Randall ang kapatid niya ay si Noona ang ipinalit niya na alam naman daw niyang gustong gusto ni Maxwell."

"Baka may gusto si Maxwell kay Dein at plano niya palang ligawan pero pinormahan ni Randall?" tanong ni Lee.

Tumango naman ako. **"Maaaring ganon na nga."**

"Sshhk! Alam niya palang may gusto si Maxwell kay Dein, eh, foul nga 'yun!" ani Tob. **"Parang tayo, nililigawan ko si Michiko tapos liligawan ni Deib? Ay, putsa, dre, badtrip 'yon!"** dagdag niya pa at napangiwi naman ako.

'Michiko is not my type, dre. Tch.'

"Sa tingin ko ay hindi alam ni Noona na may gusto si Maxwell sa kaniya," dagdag ko pa. **"Pero ang ipinagtataka ko ay paano nakilala ni Maxwell si Noona?"**

"Exchanged student si Maxwell galing SIS," tugon ni Lee. **"Magbestfriend sina Randall at Maxwell gaya ng sinabi mo, hindi na iyon nakakapagtaka."**

"Pero nung nagdebate sina Randall at Maxwell ay tinanong ko si Noona at sinabi niyang hindi niya talaga kilala si Maxwell."

"Si Dein ang dahilan kung bakit nagbreak sina Max at Randall, Deib," ani Lee. **"Malaki ang posibilidad na hindi sila nagkaroon ng tiyansang magkakilala ni Maxwell at maaaring nagkataon din na lumayo na si Maxpein at Maxwell mula nung magkaroon ng relasyon ang kapatid mo kay Randall. Masakit 'yon, kaya hindi na kataka-takang lumayo ang nasaktan."**

"Pero, dre, kailan lang naman dito si Maxwell," sabad naman ni Tob. **"Itong school year lang siya rito, ibig sabihin ay magkaklase pa rin sila ni Randall doon sa SIS kahit na may relasyon na sina Randall at Dein, bakit hindi pa rin sila nagkakilala? Alam mo naman ang mga babae, inaalam ng mga 'yan ang lahat, bakit hindi niya nalaman ang tungkol kay Maxwell?"**

"Dahil posible ngang *umiwas* na lang si Maxwell tutal ay may hindi na rin sila magkasundo ni Randall," tugon ni Lee. **"Paano kang magiging abogado niyan kung simpleng bagay ay hindi mo maintindihan?"** pang-aasar niya pa kay Tob at ngumiwi naman ito.

"Sshhk! Grabe! Parang ginulo nila ang isip ng buong BIS, hahaha! Ang tahi-tahimik ng BIS dati, dumami lang ang isyu nung dumating sila, maugong sila masiyado."

"Hoy! Hindi naman ganon 'yon!" asik ko kay Tob. **"Ibig kong sabihin, nagkataon lang talaga siguro."**

"Ewan ko sa'yo, Enrile, hahaha! Isa ka pang magulo, eh! Ayusin mo kasi ang isip mo, dre, para makita mo ang lahat lahat--pati na rin ang sarili mo, hahaha!"

"Ano?" inis na tanong ko.

"Wala!" tatawa-tawang aniya tsaka tumingin sa likuran ko. **"Sshhk, hahaha! Iyang totoy na 'yan, mukhang sisikat ng todo rito, ah?"** dagdag niya at sinulyapan ko naman ang tinitingnan niya, nakita ko si Mokz kasama si Maxrill, mukhang papalabas na sila ng Canteen.

"Mukhang may papalit na sa'tin," natatawang ani Lee.

"Hahahaha, mas gwapo sa'yo 'yan, dre," biro ko.

"Tsh! Marunong ka na palang tumingin ngayon kung sino ang mas gwapo, ah? Bading ka."

"Tch!" singhal ko tsaka muling nilingon ang mga ito, lumingon pa si Taguro sa gawi namin pero hindi tumingin sa'min, ibinalik ko na lang sa mga kaibigan ko ang atensiyon ko.

'Buti naman at hindi ka na nila palalayasin dito. Tch.'

"'Pansin ko ay namamayat si Max?" takang tanong ni Tob.

"Mm, siguro ay dahil lagi siyang pagod," nag-aalalang ani Lee at kumunot naman ang noo ko. **"Lalo siyang gumanda,"** dagdag niya pa dahilan para mainis ako.

"Wala kang taste!" singhal ko sa kaniya.

"Hahaha! Anong walang taste, Deib? Maganda si Max, hindi mo ba nakikita? Lalo na ngayong mukhang pumapayat nga siya."

"Tch! Parang wala namang pinagbago."

"Meron 'yang pinagbago at napapansin mo rin 'yan panigurado," sabad ni Tob na nakangisi pa sa'kin. **"In denial stage ka lang talaga, dre! Sshhk! Bumabagsak nga ang pangangatawan niya, hindi kaya dahil sa sobrang pagod? Nakita niyo 'yung trabaho niya ron sa TB? Ang bigat, non, dre! Pero bakit nga ba nagtratrabaho pa sila ni Naih, eh, mapepera naman sila?"**

"Hindi naman okay si Max sa pamilya niya, 'di ba? Baka kaya ganon? Si Zarnaih, ewan ko," tugon ni Lee.

"Sshhk! Ang hirap nun, dre, may practice pa si Max ng sayaw at billiards, pagkatapos ay magtratrabaho? Ha! Kumakain pa kaya 'yan?" dagdag naman ni Tob.

"Tch! Ayan, oh, kumain siya!" turo ko pa sa iniwan nilang mesa. **"Bakit hindi siya kakain kung alam naman niyang kailangan niyang kumain!"**

"Malay mo, 'di ba? Baka wala na siyang oras para kumain dahil sa sobrang dami ng ginagawa niya. Dre, mabigat na trabaho 'yung ginagawa niya ngayon. Tingnan mo, ilang weeks pa lang tayong pumapasok pero ganiyan na ang katawan niya, 'di ba?" dagdag pa ni Tob at napanguso naman ako.

"Sang-ayon ako," ani Lee. **"Idagdag mo pa ang stress."**

Napalunok naman ako at napaisip ng todo.

'Kumakain pa nga kaya siya? Tch! Eh, ano ba ang pakialam ko?'

"Nakakainom na nga siya, eh. Malamang ay nakakakain 'yan! 'Wag niyo siyang alalahanin!" asik ko.

"Hahahaha, hindi naman kami nag-aalala, dre, ikaw lang," pang-aasar ni Tob.

"Ano? Hindi! Hindi ako nag-aalala!" singhal ko na sinipa pa siya sa ilalim ng mesa.

Matapos naming maglunch ay dumeretso na agad kami sa locker para makapagpalit ng gamit. Nagdaldalan pa rin kami at naputol lang iyon nang maramdaman kong magvibrate ang cellphone ko. Isinenyas ko sa kanilang sasagotin ko lamang ang tawag.

"Yes, Lolo?" sagot ko rito habang naglalakad papalayo.

"Deib Lohr, where are you?"

"Paakyat na po sana sa building, pabalik ng klase, 'Lo."

"I see, may dinner tayo with Chairman Enrile, nawala sa isip kong banggitin sa'yo," aniya at napasinghap ako ng hangin sa pagkabigla at hindi nakapagsalita. **"Deib Lohr, are you still there? I said we will be having a dinner with your great grandfather."**

"Yes, 'Lo, narinig ko po," kabadong tugon ko.

"Okay then, I'll see you later. That's all, bye," aniya tsaka ibinaba ang linya.

Nanlambot agad ang tuhod ko at napaupo sa katabing bench na nakita ko.

'Bakit naman kasi kailangan niya pang manatili rito? Hindi ba't busy siya sa ibang bansa? Tsk! Nakakabadtrip! Paniguradong sasabonin na

naman ako nun sa harap ng lahat. Ngayon pa lang ay nakakaramdam na ako ng hiya. Tch.'

Sa t'wing maaalala ko kung paano siya makipag-usap sa'kin ay lalo akong nababadtrip kasabay ng sobrang kaba. Kusang bumibilis ang tibok ng puso ko sa t'wing mababanggit ang pangalan niya. Akala ko ay nakalusot na ako dahil hindi ko na siya nakita matapos nang libing ni Dean Echavez at bukod doon ay hindi niya na ako kinausap dahil naging abala siya sa pakikipag-usap sa mga Moon.

"Para kang nalugi," may nangibabaw na tinig mula sa harapan ko at nang mag-angat ako ng tingin ay nagtama ang paningin namin ni Taguro.

Napailing ako kasabay ng pangungunot ng noo. **"What?"** inis na tanong ko.

"Para kang nalugi," pag-uulit niya. Ayon na naman iyong ugali niyang inuulit lang ang sinabi niya at nakakaasar ang dating niyon.

"Ano ba ang ginagawa mo riyan?"

"Nakatayo."

"Alam ko!" singhal ko sa kaniya.

'Kahit kailan ay wala siyang kuwentang kausap!'

Ngumisi siya na animong may naalalang nakakatawa at siya lang ang nakakaintindi.

"Ibig kong sabihin ay ano ang ginagawa mo rito sa harapan ko?" inis uling tanong ko.

Umiling siya. **"Mm, wala naman, pupunta na sana ako roon,"** turo niya sa daan papuntang building, hindi ko man lang napansing ganito pala kalayo ang inilakad ko papalayo roon. **"Kaso nakita kita at para kang nalugi."**

'Inulit pa! Ang tibay! Ano bang parang nalugi? Nakakainis!'

"Ano bang nalugi ang sinasabi mo? Wala ako sa mood, okay?" asik ko.

"May ginawa ka na naman sigurong kalokohan?" nakangiwing aniya at saka bahagyang humalakhak at humikab sa harapan ko.

"Wala, ah!"

"Eh, bakit parang meron?"

"Ano? Wala! At saka ano ba ang pakialam mo, ha? May pakialam ka na pala sa'kin ngayon?"

"Mm, kung ganon ang tingin mo, baka ganon na nga, hehe," bahagya siyang tumawa at natameme na naman ako.

'Badtrip! Kung kailan talaga wala ako sa mood ay tsaka mang-iinis ang isang ito!'

"Kung kailangan mo ng tulong, tawagin mo ako," seryosong aniya at muli akong nag-angat ng tingin.

'Tulong? Tawagin siya? Tch! Bakit?'

"Bakit?" takang tanong ko.

"Malamang, tutulungan kita," asik niya. **"Ang engot nito,"** dinig ko pang bulong niya.

Napamaang ako sa kaniya. **"Engot? Anong engot? Sinong engot, ha?!"** sigaw ko.

"Sandali nga, sigaw ka ng sigaw, eh, magkaharap lang tayo," nauubusan ng pasensiyang pakiusap niya. **"Ano ba ang nangyari sa'yo?"** sarkastikong tanong niya pa.

'Nakakabadtrip ka dahil sumusulpot ka sa t'wing hindi ko inaasahan! Hindi porket ayos na tayo ay magpapakita ka na sa'kin maya't maya. Tch! Ano ba 'tong naiisip ko? Ayos na nga kami, eh, bakit nababadtrip pa rin ako sa kaniya? Hindi dapat ganon, tsk. Eh, sa hindi ko mapigilan, anong magagawa ko? Hindi rin naman siya mabait sa'kin, eh, puro nga siya pang-aasar! Tch! Pero sabagay, nung oras na lubog na lubog ako ay nandoon siya.'

"'Geh, una na ako," aniya dahilan upang matinag ang pagmumuni-muni ko, tumayo naman ako upang pigilan siya.

"Sandali!" bulalas ko na ikinagulat naman niya. **"Teka,"** pigil ko pa at wala sa sariling napahawak sa mga balikat niya. Nakangisi siyang sinulyapan ang mga kamay kong nasa balikat niya tsaka nakangising tumingin sa'kin.

"Kakaiba na ang mga haplos mo, ah?" nakangisi pa ring tanong niya.

Nanlaki agad ang mga mata ko. **"A-Anong haplos?"** utal pang tanong ko. **"Anong haplos?!"** sigaw ko at napailag siya sabay takip ng kaliwa niyang tainga.

"Tsk. Kung makasigaw ka naman ay parang may atraso na naman ako sa'yo, ah?" kunot-noong aniya. **"Kung may problema ka, 'wag mo akong idamay, okay? Naninigaw ka, eh, buti nga kinakausap pa kita,"** nakasimangot pang bulong niya.

"Wow, parang utang na loob ko pang kinausap mo ako?" sarkastikong tanong ko. **"Bakit? Sinabi ko bang kausapin mo ako?"**

"Tss. Eh, daig mo pa ang negosiyanteng nalugi kung makaporma ka riyan," turo niya pa sa kinauupuan ko kanina. **"Pasalamat ka't nilapitan kita para kausapin dahil kung hindi, parang kang nakagat ng aso at malapit nang maulol."**

"H-Hoy," untag ko. **"'Wag mo ngang dalhin dito 'yang ugaling kanto mo? Kung magsalita ka ay para kang nakikipag-usap sa mga kapwa mo squatter,"** singhal ko at natahimik naman siya. **"Paano mo ako naihatid?"** deretsong tanong ko upang matigil na ang pagiging maligoy ng usapan namin. **"Ha? Ano? Paano mo ako naihatid?"** mayabang at tuloy tuloy na tanong ko tsaka ako nag-iwas ng tingin at nagkrus ng braso. Pero hindi agad siya sumagot, kaya naman inis akong nilingon uli siya at nakatingin lang siya sa'kin. **"Ano? Paano mo ako naihatid nung isang gabi?!"** inis na tanong ko.

"Hindi mo na agad matandaan?" nakangising tanong niya.

Natuliro ako. **"A-Anong hindi ko matandaan?"** utal na tanong ko kasabay ng biglang pagbilis ng tibok ng puso ko. **"Ano ba ang ginawa ko? Bakit ba hindi mo na lang sabihin mo na lang kung paano mo ako naihatid?"**

"Tss, puwede ba? Magbaba ka nga ng boses? Baka isipin ng mga nakakarinig sa'yo ay aping api ka na naman."

"Bakit kasi hindi mo na lang ako sagotin? Ang dami mo pang sinasabi, puwede namang isang tanong--isang sagot!"

"Eh, puwede ka rin naman kasing makipag-usap sa'kin ng hindi sumisigaw, bakit kailangan mo pang sumigaw?"

"Eh, sagotin mo nga kasi ako!"

"Hindi ka naman nanliligaw, ah?" inosenteng tugon niya at napanganga talaga ako.

'What the hell? Ang tigas ng mukha nitong... tsk!'

"Anong sabi mo?" hindi makapaniwalang tanong ko.

"Hahaha! Ang pikon mo!" tatawa-tawang aniya at napatitig na naman ako sa mukha niya, kumabog bigla ang dibdib ko kaya agad akong nag-iwas ng tingin sa kaniya. **"Umangkas ka sa motor ko,"** nakangiting aniya at doon ako natinag ngunit hindi agad lumingon sa kaniya.

"Umangkas ako sa motor mo? Paano?" hindi makapaniwalang tanong ko at saka palang lumingon sa kaniya.

"Paano ba umangkas?" sarkastikong tanong niya at napangiwi naman ako.

"Ibig kong sabihin, paanong nangyaring umangkas ako sa'yo, eh, alam ko namang ayaw mong may umaangkas sa motor mo?" hindi makapaniwalang tanong ko.

"Tss, sa kulit mo?" tanong niya na animong binabalik-tanaw pa ang nangyari nung gabing iyon. **"Makakatanggi ba naman ako?"** dagdag niya pa.

"A-Anong ibig mong sabihin, Taguro?"

"Binalaan na kita, hindi ka naman nakinig. Tss. 'Wag ka kasing magpapakalasing," seryoso nang aniya dahilan upang matigilan ako sandali.

'Hindi ko matandaan lahat. Tsk! Wala akong maalala kung paano niya akong naiuwi at ang huling natatandaan ko ay 'yung nakatingin ako sa kaniya habang nagsasalita siya, tanging mukha niya ang malinaw sa alaala ko--at ayaw ko ng isiping iyon. Bukod doon ay wala na akong matandaang iba pa kaya paano niya nasabing makulit ako? Damn it!'

"E-Eh, bakit ka pumayag?" nakangiwing tanong ko upang maitago ang pagkapahiya. **"A-Akala ko ba, sabi ni Parrot ay hindi ka raw nag-aangkas sa motor mo? Eh, bakit pumayag kang iangkas ako?"**

"Bakit nauutal ka?" nakangising tanong niya at saka nag-iwas ng tingin sa'kin at bumuntong-hininga. **"Lasing na lasing ka kasi nung gabing 'yon at mukhang hindi mo na alam ang ginagawa mo,"** seryosong aniya dahilan upang sunod sunod na mapalunok ako. **"Lalo na na ang mga pinagsasasabi mo, tsk tsk,"** dagdag niya at nanlaki na naman ang mga mata ko, lalong bumilis ang tibok ng puso ko.

'Damn it, anong ginawa ko?'

Natutuliro ako kaiisip kung ano ang mga ginawa ko nung gabing iyon pero nabigo ako.

'A-Anong mga sinabi ko?'

Pakiramdam ko ay kahiya-hiya ang lahat ng pinaggagagawa at pinagsasasabi ko nang gabing iyon kaya ganiyan siya kung magsalita sa'kin ngayon.

"A-Ano ba ang ginawa ko?" naiilang nang tanong ko.

"Inagaw mo sa'kin ang susi ko at nagprisintang i-drive ang motor ko," seryosong aniya at napamaang naman ako.

"Ginawa ko 'yun?" gulat na tanong ko at tumango naman siya. **"Bakit hindi ko maalala?"** tanong ko pero nagkibit-balikat lang siya. **"Eh, hindi ba't lasing ka na rin? Paano kang nakapagdrive?"**

"Ha? Ako? Lasing?" puno ng kayabang aniya. **"Tss. Sa ating lahat ay *ikaw* lang ang nalasing."**

"Anong ako lang? Eh, kung anu-ano na rin ang pinagsasasabi mo n'on, ah? Tapos ako lang ang nalasing? Kalokohan 'yan, lasing ka na rin nun!"

"Tss. Kaya pala naihatid pa kita ng maayos sa bahay niyo? Tanggapin mo na lang, Sensui, ikaw lang ang nalasing nung gabing 'yon," nakangising pagyayabang niya pa dahilan upang lalo akong mapahiya.

"Tch! Nakakahiya ka! Kababae mong tao ay ang lakas mong uminom ng alak!"

"Tss. Mas nakakahiya ka, kalalaki mong tao ay ang hina mong uminom ng alak," nakangising panggagaya niya sa tono ko habang nakatingin sa mga mata ko dahilan upang sunod sunod na naman akong mapalunok. Para na naman akong hinihigop ng mga mata niya upang alamin kung anong meron sa kaluluwa ko.

Inis akong nag-iwas ng tingin. **"Hindi ako naniniwala!"** asik ko. **"Hindi ko matandaan na umangkas ako sa'yo at ang sabi ni Parrot ay hindi ka nag-aangkas kaya malabong iniangkas mo nga ako. Tsaka isa pa, nasa bahay na 'yung kotse ko kaya alam kong nakapagdrive pa ako pauwi."**

'Kahit pa sinabi nila Mommy't Daddy na inihatid niya ako ay ayaw kong maniwalang iniangkas niya ako dahil mayabang siya at nasisiguro kong imposibleng mangyari 'yon! Tch!'

"Si Naih ang nagdrive pauwi ng kotse mo," aniya at doon ko lalo hindi naiwasang mahiya at mapahiya. **"Nung agawin ko ang motor ko sa'yo ay hindi ka na bumaba pa kaya naman wala na akong choice kung hindi ang iangkas ka pauwi sa inyo. Kung ayaw mong maniwala, pumunta ka kay Naih ngayon at siya ang tanongin mo. Kung hindi ka pa rin naniniwala ay puwede kang bumalik sa TB at 'yung mga bakla ang tanongin mo,"** seryosong aniya at hindi naman ako nakasagot. Ngumuso ako habang nakakunot ang noo ko. **"Bakit? Narealized mo bang *nakakahiya* 'yung ginawa mo?"** nang-aasar pang tanong niya.

"H-Hindi, ah!"

"Talaga lang, ah? Hahaha! Sabagay, nakakahiya talaga 'yun sa parte mo dahil kalalaking mong tao, babae pa ang nag-aangkas sa'yo."

"Hoy!" asik ko. **"Gaya nga ng sinabi mo, hindi ko na alam ang ginagawa ko kaya 'wag mong isumbat sa'kin 'yan! Tsaka puwede mo naman akong ihatid gamit ang kotse ko, bakit ka pumayag na umangkas ako sa'yo? Tch!"** mayabang na tanong ko rin. **"Baka dahil gusto mo rin?"** naiilang pero nakangising tanong ko pero tumawa lang siya at sandali na naman akong napatitig sa mukha niya. **"Anong nakakatawa?"**

"Dahil halatang hindi mo talaga matandaan kung anong ginawa mo nung gabing 'yon kaya ganiyan ka kung magsalita ngayon," nakangising aniya habang tinitingnan ang ibang parte ng mukha ko bukod sa mga mata ko dahilan upang lalo akong mailang. **"Totoo ang lahat ng sinabi ko sa'yo, Sensui,"** paniniguro niya. **"Ikaw ang kusang sumakay sa motor ko, inagaw mo sa'kin ang susi at nauna ka pang sumakay sa motor ko,"** nakangiting aniya tsaka sumeryoso. **"Natakot lang talaga akong baka paandarin mo bigla."**

"E-Eh, ano naman kung paandarin ko?" nakangusong tanong ko, ipinagtataka ang pagiging seryoso niya nang sabihin niya ang huling linya. **"Marunong akong magmotor, malaki lang talaga ang motor mo pero kaya ko ring imaneho iyon."**

"Wala naman akong sinabing hindi, pero kasi kung nagkataong pinaandar mo 'yun ng ganoon ang lagay mo, baka kung ano ang nangyari sa'yo," seryosong aniya dahilan upang lalo akong matigilan.

'Nag-aalala siya sa'kin kung ganon?'

Bahagya akong napatitig sa kaniya. **"Nag-aalala ka ba sa'kin?"**

"Tss, lasing ka na at hindi mo alam ang ginagawa mo, kung hahayaan lang kita ay paniguradong maaksidente ka. Oo, nag-alala ako," aniya at nanlaki ang mga mata ko. May kung anong humaplos sa puso ko habang nakatingin kaming pareho sa isa't isa. **"Tss. 'Wag kang mag-imagine, nag-aalala akong baka tatanga-tanga kang magmaneho at maibangga mo ang motor ko,"** dagdag niya at parang gumuho ang papatayo palang na pangarap ko.

"Ang yabang mo, ah!" asik ko.

"Hahahaha. Biro lang."

"Shut up! Ang pangit ng ugali mo at ang pangit mong magbiro!"

"Nag-alala rin naman ako sa'yo, mas nag-alala lang talaga ako para sa motor ko dahil hindi ka na makakakita ng ganoon ngayon," puno na naman ng kayabangang aniya dahilan upang lalo akong mainis.

"Kayang kaya kitang bilhang ng mas mahal pa ron, Taguro!"

"Ah, talaga? Bakit mo naman ako bibilhan kung ganon?" tanong niya at natigilan naman ako. **"Hindi na kailangan, hindi naman ako materyalistikong tao, Sensui."**

"What?"

"Wala, hahaha, pikon," pang-aasar niya pa.

"Nakakabadtrip ka, ah?"

"Tss. Masuwerte ka na nga't naiangkas pa kita, eh, ikaw lang ang kauna-unahang lalaking naiangkas ko, alam mo ba 'yun?" nakangiti ngunit seryosong aniya dahilan upang matigilan ako.

"E-Eh, di, mag-angkas ka ng iba," nakangusong tugon ko sabay ng pag-iiwas ng tingin.

"Hindi na," tugon niya at doon lang uli ako napalingon sa kaniya. **"Ayaw mo nun? Nag-iisa ka? Hahaha!"** pang-aasar na naman niya.

Huminga ako ng malalim, sobra na akong napipikon sa kaniya. **"Hoy! 'Wag mo ngang isipin na gustong gusto ko 'yung pag-angkas ko sa'yo?"**

"Tss. Kaya pala ang higpit ng *yakap* mo?" nakangising pagdidiin niya at napanganga ako. Sunod sunod na namang lunok ang nagawa ko habang hindi makapaniwalang nakatitig sa kaniya.

"A-Ano?"

"Tss."

"Ang higpit ng--hoy!" asik ko. **"Imposible 'yang sinasabi mo, Taguro!"**

"Tss. Kung alam ko lang, sana pala ay inihulog na lang kita," natatawa pang aniya.

"Buti hindi mo ako naihulog?"

"Eh, kasi nga... ang *higpit* ng *yakap* mo," paniniguro niya at nakakaasar iyon. **"Wala kang kuwentang kausap,"** aniya na animong tinatapos ang pag-uusap namin. **"Papasok na ako, pumasok ka na rin,"** seryosong dagdag niya tsaka mabilis na tinalikuran ako.

Inis na sinundan ko siya ng tingin habang tinatahak ang daan papunta sa building. Hinintay ko pa munang makaakyat siya tsaka ako umakyat mag-isa.

'Hindi puwede! Hindi puwedeng ginawa ko 'yun! At kung ginawa ko man, b-bakit ko ginawa 'yun? Tsk! Bakit ko siya niyakap? Tch! Anong sabi niya?

Masuwerte na ako dahil ako lang ang lalaking nakaangkas sa kaniya? Eh, bakit niya ako iniangkas? Sinabi ko bang iangkas niya ako?'

Hindi ko naiwasan ang mapanguso at magkunot-noo habang naglalakad paakyat sa sobrang pag-iisip.

'Eh, ako nga raw 'yung makulit! Tch! Ako 'yung kusang umangkas sa motor niya!'

Hindi ako makapaniwala sa mga sinabi niya at ang laki ng kutob kong totoo ang mga kayabangang sinasabi ni Taguro.

'Badtrip! Bakit mo ginawa 'yun, Deib? Jahe! Bakit ba kasi ako uminom ng matindi? Tsk!'

Ekasktong pagpasok ko sa classroom ay siya ring pagpasok ng Lecturer kaya naman hindi na nagawang magtanong pa ng mga kaibigan ko kung saan ako nanggaling, bakas ang pagtataka sa mga mukha nila pero wala akong balak na magkwento pa, paniguradong aasarin lang ako ng todo ni Tob kapag nagsabi pa ako.

Matapos ang lahat ng klase ay nagmadali kaming ibalik ang mga gamit sa locker namin. Doon lang kami nagkaroon ng tiyansa ng mga kaibigan kong makapag-usap pero pilit kong iniiwas si Taguro sa usapan namin.

"Kaya pala magdamag kang nakabusangot 'yang mukha mo, dre, dahil may dinner kayo kasama ang Chairman niyo," pang-aasar pa ni Tob.

"Tch! Hindi ko nga inaasahan, eh, nagulat lang din ako. Hindi man lang sinabi sa'kin ng maaga para man lang nakapag-isip ako kung anong magandang gawin kapag sinabon ako."

"Edi magbanlaw ka," natatawang biro ni Lee at iyon ang pinakakorning biro niya.

"Tigilan mo ako, Gozon, ah?" banat ko sa kaniya at inis na binuksan ang kotse ko. **"Badtrip! Paniguradong wala na namang ibang sisitahin si Chairman kung hindi ang mga kahinaan ko, puro na naman papuri ang kay Noona at puro pangmamaliit sa'kin. Nakakayamot! Ngayon pa lang ay parang ayaw ko nang pumunta."**

"Pero pupunta ka pa rin," nakangising ani Tob.

Napangiwi ako. **"Tch! Siyempre! Puwede ba namang hindi? Hindi ako puwedeng magsinungaling sa kanila dahil paniguradong malalaman din nila ang totoo."**

"Wala ka talagang lusot, dre! Sshhk! Face your fears!"

"I've no choice but to digest his foul words," asik ko. **"Ngayon pa lang ay kinikilabutan na ako dahil alam kong sisigawan na naman niya ako."**

"Oo nga, tsk tsk. Sshhk! Deib Lohr, ano na naman itong nabalitaan kong nangtrip ka na naman ng new student--at ang masama pa roon ay anak ng mga Moon!" panggagaya pa ni Tob sa tono ni Chairman.

"Tigilan mo ako, Hapon, ah!"

"Hahahah! 'Yan na yata ang karma mo sa dami ng kasalanan mo kay Max, dre," aniya at hindi ko naiwasang maalala 'yung nakakahiyang pag-uusap namin ni Taguro kanina.

"Nakakayamot! Bakit ba kasi kailangang magkakasama pa kung magdinner, eh, makakapagdinner naman sila ng wala ako!"

"Deib, that's your great grandfather, don't talk like that," seryosong paninita sa'kin ni Lee.

Napangiwi naman ako sa kabayanihan niya. **"Pero kung ituring at pagsalitaan nila ako ay parang ako na ang pinakainutil na tao sa buong mundo, badtrip. Wala ng ibang magaling sa kaniya kung hindi ang sarili niya! Parati niya na lang akong ikinukumpara kina Daddy at Noona."**

"Dati naman na siyang ganiyan sa iyo, dre, hindi ka pa ba sanay?"

"Oo nga," sang-ayon ni Lee kay Tob. **"Eh, di gaya ng dati, pasok sa isang tainga at labas sa kabila. 'Wag mo na lang pansinin dahil wala ka na namang magagawa at alam naman natin kung ano ang mga kakayahan mo."**

"Tch! 'Yun nga ang nakakabadtrip, eh, sanay na ako sa ugali niya pero siya itong mukhang hindi pa rin sanay sa ugali ko."

"Sanay na 'yun, dre, malamang, hahaha," ani Tob. **"Naiinis lang talaga sigurong hanggang ngayon ay ginagawa mo pa rin."**

"I agree," ani Lee. **"Sino ba ang matutuwa sa ginagawa mo? Eh, kami nga ni Tob ay nagalit din sa'yo dahil hindi naman talaga tama ang pangbubully mo kaya 'wag kang magreklamo. Isipin mo na nga lang na 'yan ang karma mo sa dami ng mga kalokohang ginawa mo sa nakaraan,"** dagdag niya at lalo akong nainis. **"Tell him that you've already been punished by Dean Enrile; promise him that you're not going to do it again."**

"Buti nga sana kung maintindihan niya 'yun, eh. That's Chairman Enrile; he doesn't believe that everything happens for a reason! Sa

lahat ng bagay, basta mali ay hindi siya tumatanggap ng dahilan, dahil para sa kaniya ang lahat ng dahilan ay invalid, tch."

"Hindi ka na pwedeng magbackout, dre," ani Tob. **"Just relax, dre, Lolo mo pa rin siya kahit na anong klaseng galit ang maramdaman niya sa'yo. Don't get me wrong pero, matagal na siyang disappointed sa'yo dahil sa kalokohan mo, sa tingin ko ay hindi na rin siya madidisappoint kapag nakarating sa kaniya itong mga bago. Tutal, alam mo naman kung ano ang totoo,"** seryosong aniya pa at hindi ko naman alam kung matutuwa ako o maiinis lalo, hindi ko na lang siya pinansin dahil tama sila, wala akong magagawa kung hindi ang makipagkita na lang kay Chairman.

'Tch! Kailan ba siya sumablay sa pagbubunganga tungkol sa'kin? Hindi kahit kailan! Tch! Lagi na lang akong disappointment para sa kaniya.'

"Oh, siya, paano? Magkita na lang tayo, bukas," namamaalam ang tonong ani Lee. **"Good luck, Deib! Ingat, Tob, Deib,"** aniya pa at saka mabilis na sumakay sa kotse niya't umalis.

"Nang-iwan sa ere ang bayani, amp," biro ni Tob tsaka tumingin uli sa'kin at tinapik ang balikat ko. **"Una na rin ako, alam kong hindi ka okay pero ipagpe-pray kita, dre, hehehe! Kaya mo 'yan! Lolo mo pa rin 'yun kaya 'wag ka masiyadong kabahan, just be yourself. Good luck!"**

"Bahala na."

"Balitaan mo ko."

"Sige."

"Ingat!" aniya at saka tuluyang sumakay sa kotse niya at umalis.

Sinundan ko pa siya ng tingin at nang pumihit ako paharap sa kotse ko ay agad akong natigilan nang makita ko si Kim na tumayo mula sa pagkakaupo sa isang bench katabi ng kotse ko.

"Kim," naiusal ko paglapit sa kaniya.

"Deib," malungkot na sambit niya.

"What are you doing here?"

"I was waiting for you."

"Why?" nag-aalalang tanong ko.

"We haven't talked yet, I was wondering if you have time?" tugon niya at sandali akong natigilan. Alam ko kung anong tinutukoy niya pero nagmaang-maangan ako. Nasasaktan pa rin ako sa t'wing maaalaala ko ang ginawa at mga sinabi niya.

"Talk about what, Kim?"

"About what happened between us?"

"Mm, what about that, Kim?" tanong ko, pilit na hindi ipinapahalatang apektado pa rin ako.

"I'm really sorry, Deib," naiiyak nang aniya at hindi na ako nagulat doon pero umusbong ang kaunting awa sa dibdib ko para sa kaniya. **"I didn't mean to hurt you, Deib, I was just so weak that I fell in love with Randall. I know it's not right pero ginawa ko pa rin."**

'Hindi ka nalalayo kay Randall, hindi rin kita maintindihan, lahat na lang ay hindi ninyo sinasadya. Lahat na lang ay hindi ninyo alam. Kunsabagay, ano ang alam niyo sa nararamdaman ng ibang tao bukod sa sarili niyong nararamdaman?'

"Alam kong hindi tama ang ginawa ko pero sana maintindihan mong hindi ko sinasadyang saktan ka."

"Kim," usal ko. **"'Wag mong sabihin 'yan,"** pakiusap ko. **"Kung hindi mo sinasadyang saktan ako, sana ay sinabi mo na muna sa'kin na may nararamdaman ka kay Randall at siya ang gusto mo dahil magiging mahirap man ay maiintindihan ko pa rin 'yon. H-Hindi mo na sana pinatagal pa 'yung maliit na pag-asang nakikita ko na ayos tayo, kahit na ang totoo ay hindi naman pala."**

"I'm really sorry, Deib."

"I'm accepting your apology but don't give me such stupid reasons, Kim," malumanay na pakiusap ko habang ninanamnam ang nagbabalik na sakit na dulot niyon sa pakiramdam ko.

"I'm really sorry, I'm sorry," lumuluhang aniya. **"Hindi ko sinasadya."**

"Naiintindihan ko, pero may karapatan pa rin akong malaman ang tunay na nararamdaman mo," tugon ko, pakiramdam ko ay nakikita ko ang sarili ko nung gabing iyon nang kumprontasiyon nina Taguro at Randall, pero pilit kong pinalis iyon sa isipin ko dahil ako ang naloko rito. **"Umasa talaga ako, Kim, umasa akong magkakaroon ng *tayo,* umasa akong gusto mo rin ako. Hindi mo alam kung gaano ko hinihiling ngayon na sana ay sinabi mo sa'kin na *hindi* mo pala ako gusto mo o may iba kang gusto. Marami kang paraan para mapigilan ang masaktan ako ng ganito, Kim."**

"Hindi ko kasi kayang sabihin sa'yo, Deib, hindi kita kayang saktan."

"Pero nasaktan mo pa rin ako, Kim."

"D-Deib,"

"Hindi ko maintindihan na *'ayaw mo akong masaktan'* kaya hindi mo sinabi sa'kin dahil ang totoo, mas masakit na malaman ko ang lahat ng hindi mo sinasabi sa'kin."

"How can I make you understand that it's not that easy for me to say?" nakikiusap ang tonong aniya.

"Sana naiintindihan mo ring masakit para sa'kin na hindi ka man lang nag-abalang sabihin sa'kin ang totoo," pigil ang damdaming tugon ko dahilan upang matigilan siya. **"Manliligaw mo lang ako, Kim, pero may kakayahan din akong masaktan. Kung hindi madali para sa'yong sabihin sa'king may gusto ka ng iba, sana ay pinahinto mo na lang ako sa panliligaw ko, dahil sa paraang iyon ay maiintindihan ko nang wala akong dapat asahan at hindi mo ako gusto. Hindi 'yung hinayaan mo akong ipagpatuloy 'yung mga ginagawa ko sa'yo kahit na ibang tao naman ang nagpapasaya sa'yo. Kahit na anong paraan ang gawin mo ay masasaktan ako, mas masakit nga lang itong paraang pinili mo."**

"I'm really really sorry, Deib, I'm really really sorry," tuloy tuloy at umiiyak na aniya. Lumapit ako at hinawakan ang magkabilang balikat niya bagaman walang hinto ang pag-iyak niya.

"Nasaktan na ako, Kim, sinaktan mo na ako. Hindi mo kailangang magsorry dahil wala na akong magagawa kung hindi ang tanggapin at lunukin lahat ng 'yon."

"Deib?" umiiyak pa ring usal niya. **"Nasasaktan din ako dahil wala akong magawa para maging okay ang nararamdaman mo, para mawala ang sakit na idinulot ko."**

"Kim, ayos lang ako. Maniwala ka man o hindi ay ayos lang ako," seryosong dagdag ko at bahagya siyang natigilan sa pag-iyak tsaka tumitig sa'kin. **"Nasasaktan pa rin ako pero naniniwala akong mawawala rin ito."**

"Pero paano?" nagtataka pang tanong niya.

Kumunot naman ang noo ko. **"Anong paano?"**

"I mean, sinaktan kita, Deib, iilang araw pa lang ang nakakalipas ay okay ka na?"

'Tch! At inaasahan niya pa talagang mas malala pa ako?'

"Oo, nasaktan ako, Kim, pero hindi naman ibig sabihin niyon ay hindi na ako puwedeng mabuhay ng maayos uli, 'di ba?" matabang na tanong ko, pilit kong itinago ang galit na umuusbong sa dibdib ko pero

nabigo ako. **"Umiikot ang mundo ko sa'yo pero huminto rin nang dahil sa'yo."**

"I'm sorry, Deib," naiiyak na namang aniya. **"Please, tell me what to do to lessen the pain--"**

"Nothing," pigil ko sa kaniya. **"Do nothing,"** pilit ang ngiting dagdag ko pa. **"Sa ngayon ay ayaw na muna kitang makita kaya wala kang dapat na gawin."**

"Pinaiiwas mo ba ako?" gulat na tanong niya.

Umiling ako. **"I didn't say that, but if that's how you understand it, go on,"** may bahid ng paghahamong dagdag ko habang pilit na pinatatatag ang sarili ko.

"Hindi ko kaya, Deib, hindi ko kayang umiwas sa 'yo," sinserong aniya at natigilan ako.

Bigla akong nalito dahil hindi ko siya maintindihan, kusa kong nabitiwan ang pagkakahawak ko sa mga balikat niya at nasapo ang sarili kong noo. Naihilamos ko ang kamay ko sa mukha ko upang mapigilan ang sarkastikong tawa na nagkukumawala roon.

"Hindi ko sinabing umiwas ka, hindi ko rin sinabing lumayo ka."

"Pero ang sabi mo ay kung ganoon ang pagkakaintindi ko--iyon ang pagkakaintindi ko, Deib!"

"Oo, sinabi ko 'yon pero nasa sa iyo pa rin ang desisyon," inis nang tugon ko. **"Kung ayaw mo akong layuan ay bahala ka pero nakikiusap ako sa'yo, 'wag kang lumapit sa'kin at 'wag mo na muna akong kausapin. Don't get me wrong but I need space for myself."**

"Hindi kita maintindihan, hindi kita puwedeng lapitan at kausapin pero ayaw mong lumayo ako?"

"Hindi ko rin sinabi 'yan."

"Just tell me what do you want me to do!" asik niya at nagtiim ang bagang ko. **"Lalayo ba ako sa'yo o hindi?!"**

"It's up to you, okay? Kung ano ang gusto mong gawin ay bahala ka," pilit nagpapakamahinahong tugon ko, ayaw ko siyang sigawan dahil nirerespeto ko siya. Alam kong may nararamdaman pa rin ako sa kaniya pero kailangan ko na iyong pigilan, hindi ko na kayang masaktan pa ng masaktan. **"Sa ngayon ay aaminin ko sa'yong ayaw kong kausapin ka at mas lalong ayaw kong nasa malapit ka."**

"Pero sa sinasabi mo ay parang gusto mo na ngang umiwas ako sa'yo."

"Magkaiba ang sinasabi ko sa pagkakaintindi mo, Kim, ang sinasabi ko ay 'wag mo akong kausapin at lapitan, wala akong sinabing *dapat* mo akong iwasan. Ang iniiwasan lang ay iyong taong kusang lumalapit, Kim, hindi kita nilalapitan para iwasan mo ako at 'wag ka ng umasang lalapitan pa kita gaya ng dating ginagawa ko," seryosong pagpapakatotoo ko at hindi ko alam kung saan nagmula iyon, pakiramdam ko ay iniluluwa ko ang lahat ng nararamdaman ko ngayon at nagdudulot iyon ng kakaibang kaginhawahan sa dibdib ko.

"Why are you doing this to me, Deib?" tuloy tuloy ang luhang aniya.

"Because this is the only way I can forgive myself for loving you too much, Kim."

"Deib--"

"Please?" pigil ko sa kaniya. **"Kung inaasahan mong babalik ako sa dati--hindi na, Kim, hindi ko na kaya,"** dagdag ko at lalo siyang humagulgol sa pag-iyak na kinailangan niya pang takpan gamit ang dalawang kamay ang mukha niya upang hindi ko iyon makita. **"Kung paano ko naintindihan ang ginawa mo sa'kin, inaasahan kong ganoon mo rin maintindihan ang desisyon ko. Hindi madali para sa'kin ang tanggapin lahat 'yon kaya pinipili kong alisin muna 'yung sakit at nararamdaman ko sa'yo. Mas pinipili kong unahin muna ang sarili ko bago ang ibang tao. At hindi makakatulong sa'kin ang patuloy na pakikipag-usap at paglapit mo, Kim, sorry."**

Hindi siya nakasagot at pinanood ko lang ang pag-iyak niya. Nang bahagya iyong humupa ay tsaka niya inalis ang dalawang kamay niyang nakatakip sa mukha niya at saka lumuluha pa ring tumingin sa mga mata ko. Kitang kita ko ang *panghihinayang* at *lungkot* sa mga mata niya pero buo na talaga ang desisyon ko.

'Hindi pa kita kayang tanggapin ngayon, Kim. Sa tingin ko ay kailangan ko munang mahalin ang sarili ko. Naibigay ko sa'yo ang lahat pagmamahal ko at umabot sa puntong naibigay ko rin sa'yo ang dapat na para sa sarili ko.'

Walang sali-salitang tinalikuran niya ako at tumakbo papalayo. Hindi ko na siya hinabol, hindi ko na siya tiningnan, napako ang paningin ko sa lugar na siyang kinatatayuan niya kanina. Ang bilis ng tibok ng puso ko at parang paulit-ulit na pinipiga ang puso ko.

'Bakit kailangang saktan mo ako ng ganito? Bakit kailangan kong makaramdam ng ganito kung wala naman akong ginawa kung hindi ang

mahalin ka ng todo? Kung alam ko lang na makakasama, sana pala ay pinigilan ko na habang maaga pa.'

"Ayos ka lang?" nangibabaw ang isang pamilyar na tinig mula sa likuran ko ngunit hindi ko nagawang lumingon dito. Sa hindi ko maipaliwanag na dahilan ay kusang tumulo ang ilang butil ng luha mula sa mga mata ko padausdos sa pisngi ko. Mapapahiya ako kung haharapin ko siya ng ganito ang itsura ko kaya naman dali dali akong humarap sa kotse ko at pasimpleng pinunasan ang mukha ko.

'Ikaw na naman. OO, ikaw na naman.'

"M-May lakad pa ako, Taguro," iwas ang tinging tugon ko. **"Kaya wala akong oras para makipag-asaran sa'yo ngayon,"** dagdag ko tsaka binuksan ang kotse ko.

"Tinatanong ko kung ayos ka lang?" pag-uulit niya at hindi ko naiwasan ang makaramdam ng inis.

"Nakakatayo pa ako kaya okay lang ako."

"Alam kong hindi ka okay--"

"Alam mo naman pala, eh!" inis na pigil ko sa kaniya na bahagyang ikinagulat niya nang harapin ko siya. **"Alam mo naman palang hindi ako okay--bakit nagtatanong ka pa?"** singhal ko ngunit hindi siya sumagot at nandoon pa rin ang gulat sa mukha niya. **"Hindi pa ba halata at kailangan pa talagang sabihin ko sa'yo ng deretso? Nakikita mo na--bakit kailangan mo pang tanongin?"**

"Eh, bakit sumisigaw ka na naman?"

"Dahil nababadtrip ako sa'yo! Ano ba ang pakialam mo sa'kin? Bakit nandito ka na naman? Puwede mo naman akong lampas lampasan gaya nung ginagawa mo dati--bakit kailangan mo pang lumapit sa'kin at magtanong ng ganiyan kung kailan kitang kita mo namang hindi maayos ang lagay ko!"

"Tss, 'wag kang mag-alala, hindi na mauulit," aniya tsaka dumeretso sa motor niya at sumakay roon.

Wala sa sariling sinundan ko naman siya ng tingin hanggang sa makaalis siya. Hindi ko naiwasan ang makonsensiya dahil sa inasal ko sa kaniya.

'Tsk! Alam mo naman na palang hindi ako okay, bakit tinanong mo pa? Puwede ka namang manatili na lang sa harapan ko at hindi magsalita, Taguro, nasigawan pa tuloy kita. Ang tanga mo. Tsk.'

Napabuntong-hininga ako nang lingunin ko ang parking space niya at saka tuluyang sumakay sa kotse ko.

'Bakit mag-isa lang siyang umuwi at bakit nandito pa siya? Tch! Eh, pakialam ko ba?'

Nang makarating ako sa bahay ay doon lang ako nakaramdam ng pagod bagaman hindi na bago sa'kin ang ginawa ko sa school, parang pagod na pagod talaga ako. Inihilig ko ang batok ko sa sofa at saka pumikit.

"Ano ka ba?" sigaw sa'kin ni Noona na hindi ko namalayang nasa harapan ko na pala. Gulat akong nag-angat ng tingin at natutulirong tumitig sa kaniya. **"Nakakainis ka!"**

"Inaano kita?"

"Hindi ba't sinabi ko sa'yong sabay tayong umuwi?"

"Aw," mahinang ungol ko. **"Nawala sa isip ko, sorry, Noona, hindi ko naalala."**

"Tse!"

"Noona, tumawag kasi sa'kin si Lolo at sinabing magdidinner tayo kasama si Chairman kaya naman buong magdamag akong wala sa sarili ko."

"Joke lang, hehehe!"

"Tch! Sira-ulo ka, nag-aalala pa naman ako dahil akala ko ay nagalit ka."

"Biro nga lang," natatawang aniya na lumapit pa sa'kin at yumakap.

"Tch! Umalis ka nga!" singhal ko.

"Ang bango bango naman ng *baby* namin," pang-aasar niya pa. **"Magdamag kang nasa klase pero ang bango mo pa rin, kaya hindi ka nilulubayan ng mga girls sa campus, eh. Hehehe."**

"Shut up, Noona, oh, eh, paano kang nakauwi?"

"Inihatid ako ni Randall," nakangusong tugon niya.

"What?"

"Mm, nasa school siya kanina, eh," aniya pa at nagkunot naman ako ng noo. **"Pinuntahan niya ako, hehehe, hinintay niya ako hanggang matapos ang klase ko at inihatid ako pauwi. Don't worry, bukas ay magdadala na uli ako ng kotse kaya kahit makalimutan mo ako ay ayos lang,"** nakangiwi ngunit ngingisi-ngising aniya.

Hindi agad ako nakasagot at pinagmasdan ko pa muna siya, walang bakas ng lungkot ang mukha niya hindi gaya kaninang umaga, mukhang ang saya saya niya pa nga ngayon.

'Tch, okay na siguro sila ni Randall kaya siya ganiyan. Bakit parang ang bilis naman? Kanina lang ay akala mo iniwan na siya ng tuluyan. Alam

niya bang hindi lang siya ang dahilan kung bakit nasa BIS si Randall kanina? Tch!'

"Mukhang masaya ka, ah?" nakangiwing tugon ko at saka ako yumuko upang magtanggal ng sapatos.

"Yeah, hehehe, okay na kami ni Hon, eh."

"Oh? Ang bilis naman?" sarkastikong tugon ko at saka naman ang nakangiting ngumiwi.

"Hahahaha! Hindi naman, narealized ko lang na 'yung mga ganoong bagay ay hindi na dapat pinatatagal pa, hehehe," may bahid ng pagkapahiyang tugon niya.

Tumangu-tango ako. **"Para sa iyo, oo, pero para sa'kin ay hindi."**

"Deib..."

"Noona, hindi simple para sa'kin 'yung nangyari, hindi ko sinasabing hindi ka dapat maging ayos pero masiyado naman yatang mabilis?"

"Nakapag-explain na sa'kin si Randall at wala akong makitang dahilan para hindi siya maintindihan. His reasons are now clearer to me kaya naman okay na uli kami, and besides, aren't you happy for us? Talagang mas gusto mo ba ang makitang nasasaktan ako?"

"Hindi naman," mapaklang tugon ko. **"Ang totoo, ikaw ang bahala sa buhay mo."**

"Haaay," buntong-hininga niya tsaka sumiksik sa tabi ko. **"I know that you're still having a hard time, dongsaeng, but I hope you understand, it's not easy for me to lose him. Hindi ko kaya, kaya naman--"**

"Tinanggap mo uli?" sarkastikong pangunguna ko sa sasabihin niya.

"Hindi naman sa ganon," napapahiyang tugon niya at ako naman ang bumuntong-hininga.

"'Wag mo ng lokohin ang sarili mo at lalo na ako, Noona, dahil alam kong ganon 'yon. But don't mind me, you have your own decisions and you're free to decide for yourself more than I do. Naiintindihan kita, 'wag kang mag-alala."

"Deib..."

"Naiinis pa rin ako pero wala naman akong karapatang pigilan ka sa gusto mo, lalo na kung iyan ang magpapasaya sa'yo. I'll support you, Noona."

"Thank you, Deib," animong nata-touch pang aniya at pilit na ngiti naman ang itinugon ko.

"I meant what I said, don't forget about that," dagdag ko at saka pumikit. **"Please wake me up after 30 minutes, I need to rest my mind,"** dugtong ko, ngunit hindi na siya nagsalita hanggang sa maramdaman ko na lang na halikan niya ang pisngi ko at saka dahan dahang tumayo at naglakad papalayo.

Hindi ko matindihan kung bakit pakiramdam ko ay pagod na pagod ang utak ko, pakiramdam ko ay masiyadong maraming nangyari ngayon kaya naman kailangan ko pang magpahinga bago maghanda para sa dinner mamaya.

Hindi ko namalayan kung gaano katagal ang sandaling nakalipas pero isang mahinang uga ang gumising sa diwa ko.

"Deib, baby?" dinig ko ang boses ni Mommy. **"Baby, wake up, aalis tayo. It's already quarter to 6:00 in the afternoon,"** aniya at doon ko pa lang nagawang imulat ang mga mata ko.

"Mom," anas ko pa tsaka marahang bumangon. Nag-inat pa muna ako bago tuluyang tumayo, nakita kong handa na siya. **"Oh, you're prepared already?"**

"Mm, nagreready na rin sina Dein at ang Daddy mo, go ahead at magready ka na, baby, bilisan mo."

"Yes, Mom," tugon ko tsaka nagmadaling umakyat at naligo.

Ayaw ni Chairman ng nalelate kaya naman hindi ako puwedeng magmatagal sa pagkilos. Binilisan ko ang pagligo at pagpili ng maisusuot na aakma rin sa okasyon at panglasa ng Chairman. Nakakayamot isiping kapag siya ang kasama ay parati mong paglalaanan ng effort ang mga bagay na posibleng masita niya.

"Ang tagal mo," salubong sa'kin ni Noona nang makababa ako.

"Tch. Sabi sa'yo ay gisingin mo ako, eh."

"Ginigising kita pero hindi ka magising gising kaya sinabi ko kay Mommy na siya na lang ang gumising sa'yo."

"Tapos mababagalan ka sa'kin?"

"Parang pagod na pagod ka naman kasi, matulog ka agad mamaya pagkauwi para mahaba ang maitulog mo," aniya pa at saka inayos ang suit ko. **"Ang gwapo mo, Deib, grabe!"** papuri niya pa pero ngumiwi na lang ako.

"Are you ready, son?" nakangiting tanong ni Dad habang humahangang pinasadahan ako ng tingin, sumimangot na lang ako.

"I'm not ready yet but my ears are," sarkastikong tugon ko.

"Don't worry, nandito naman ako at ang Lolo Dei Min mo, hindi ka namin pababayaan. Just relax, son," pangungumbinsi niya pa at bumuntong-hininga na lang ako. Siya ang magdadrive dahil kotse niya ang gagamitin namin.

ANTONIO'S Restaurant sa Tagaytay ang pinuntahan namin, isa iyong exclusive restaurant at kahanga-hanga ang pinaghalong moderno at makalumang disenyo nito. Halatang maraming tao ang nandoon pero may magarbong puwestong nakalaan para sa amin ng pamilya ko, paniguradong si Chairman ang umasikaso niyon.

"Dongsaeng, fighting!" nang-aasar pang ani Noona tsaka isinabit ang kamay niya sa braso ko, hindi ko na siya sinagot pa at inis na lang akong nagtuloy sa paglalakad habang iginigiya kami ng waiter papunta sa puwesto namin.

Gaya ng inaasahan ko ay wala pa sina Lolo at Chairman, hindi bale nang maghintay kami, 'wag lang ang Chairman.

"You seem uneasy, son," ani Daddy.

"Kinakabahan ako, Dad, alam kong pagagalitan na naman ako ni Chairman."

"Masanay ka na sa kaniya, ganon lang talaga siya."

"Hindi ko maiwasan, Dad."

"Don't worry, baby, nandito naman kami," ani Mommy at napabuntong-hininga na lang ako. **"Oh, they're here,"** maya-maya'y aniya pa at napalingon naman ako sa gawi ng entrance at namataan kong papasok na roon sina Chairman at Lolo. Lahat ng nasa mesa ay nakangiti sa kanila maliban sa'kin na nananatiling takot at kabado.

Sabay sabay kaming tumayo at tumango rito nang tuluyan silang makalapit sa'min. Sadyang iniiwas ko ang paningin ko sa Chairman nang kumumpas ito upang maupo na kami. Lumapit pa sa kaniya sina Mommy at Noona upang humalik.

"You're early," ani Chairman nang makaupo ito sa tabi ni Lolo. Sinadya ko na naman ang mag-iwas ng tingin dahil sa nakakapangilabot na tinig niya.

"Kararating lang din namin ilang minuto bago kayo pumarito," pormal na tugon ni Daddy.

"I see," tanging tugon ni Chairman at saka kumumpas na naman ng senyas sa waiter. Bumulong siya rito at kasunod niyon ay ang sunod sunod na paglapit ng mga serbedora ng restawran.

Naging napakabagal ng oras para sa'kin. Panay lamang ang pakikinig ko sa usapan nina Daddy, Lolo at Chairman, at pakiramdam ko ay nakalutang ako. Nawala akong bigla sa sarili ko at ang tanging naririnig ko ay ang malakas na kabog sa dibdib ko.

"Oh, hon?" gulat na bulalas ni Noona dahilan upang mapalingon ako sa kaniya, nakatingin siya sa entrance kaya naman napalingon din ako roon at nakita ko si Randall.

'What the hell is he doing here? Bakit kailangang pati siya ay narito?'

Pinagmasdan ko si Randall habang nakikipagbatian sa pamilya ko na nakangiting binati rin siya. Tsaka siya lumapit kay Noona at humalik sa pisngi nito habang pareho pa rin silang nakatayo.

"Ah, Chairman, this is Randall Echavez," pakilala ni Noona. **"My boyfriend."**

"It's my pleasure meet you, Chairman Enrile," ani Randall na tumango pa ng ilang segundo rito.

"Mm," tanging tugon ni Chairman ngunit mararamdaman mo ang kapangyarihan sa tipid na ungol na iyon. **"Sit down."**

"Thank you, Chairman."

"He's taking up Medicine," pabida agad ni Noona dahilan upang maagaw niyon ang atensiyon ni Chairman, wala siyang masiyadong alam tungkol kay Randall sa tingin ko. Hindi gaya ni Lolo ay hindi ito ganoong nakikihalubilo sa mga Echavez, bukod sa madalas itong wala rito. **"He's from SIS, you met him already,"** dagdag pa ni Noona.

"Anong year ka na uli, hijo?" interesadong tanong ni Chairman.

"Third year, Chairman," tugon ni Randall, nakikinig lang kaming lahat sa kanila.

"Ah, yeah, I've been hearing a lot about you," nakangiting ani Chairman.

"I hope you heard them right, Chairman," biro ni Randall. **"I'm sorry for not having a long conversation with you at my father's wake."**

"I understand, it's nice to see that you're okay now."

"Yes, Chairman, I'm sure that he'll be happy to see that I'm okay now, I did my best."

'Tch! Sa dami ng kagaguhan mo, malamang ay ayos na ayos na ngang talaga. At paniguradong 'yun ang hindi magugustohan ng Daddy mo kung nalaman niya.'

"He's a good friend of mine also, hindi lang kami masiyadong nagkaroon ng oras para magkasama sapagkat madalang ako rito sa Pilipinas, bibihira rin ang mga transaksiyong nagkakasama kami, sila nitong anak ko ang magkasundo," turo pa ni Chairman kay Lolo. **"Ngunit hindi ko maitatangging nakakagulat ang pangyayari."**

"At nasisiguro ko po na natuwa siya sa ginawa niyong pagbisita," tugon naman ni Randall, tumangu-tango naman si Chairman at sa isang lingunan niya ay nagtama agad ang paningin namin!

'Damn it! Heto na talaga, Deib! Tsk!'

Agad na bumulusok ang matinding kaba sa dibdib ko.

"Ha ha ha ha ha ha!" biglang nangibabaw ang isang pamilyar na halakhak.

'Eh?'

"Ha ha ha ha ha ha!" na nasundan pa ng isa.

'Eh?'

"Ha ha ha ha ha ha!" na muling nasundan pa ng isa! Batid ko kung sino ang nagmamay-ari ng malakas na halakhak na 'yon pero hindi ko pa rin naiwasan ang mapalingon bilang kumpirmasiyon. Si Mokz nga iyon.

'Anong ginagawa niya rito?'

Ngunit agad din akong natigilan nang makita kong naglakad ito papalapit sa'min kasunod sina Maxwell, Maxrill at.. agad na nanlaki ang mga mata ko. Literal na nanlaki ang mga ito nang makita ko si Taguro!

♫ ♪ ***"You tell me you're in love with me, like you can't take your pretty eyes away from me. It's not that I don't want to stay, but everytime you come too close, I move away. I wanna believe in everything that you say because it sounds so good. But if you really want me, move slow. 'Cause there's things about me you just have to know."*** ♪ ♫

Kusa na namang namang tumugtog ang kantang iyon sa isip ko habang nakatingin ako kay Taguro. Hindi ko maipaliwanag ang kakaibang kiliti na nararamdaman ko sa dibdib ko habang pinagmamasdan ko ang kabuuan niya samantalang nandoon pa rin iyong walang kuwentang paraan ng pagtingin niya.

"Oh my God, look at Maxi!" bulalas ni Mommy dahilan upang matinag ako. **"You look so beautiful, hija!"** animong kinikilig pang dagdag niya pero hindi ko man lang siya nagawang lingunin dahil nanatiling nakatuon kay Taguro ang paningin ko.

'Normal pa rin ako, Taguro, dahil hindi lang ako ang nakakita sa ganda mo.'

Nakasuot siya ng isang simpleng cocktail dress, walang manggas at ang beige na kulay nito ay bumagay sa kulay ng balat niya. Nananatiling nakatalki ang straight niyang buhok at ang ganda ng bagsak ng buntot niyon na siya ring naging dahilan upang lumantad ang makinis at may magandang hugis niyang likod.

Sa tingin ko ay nawawala lang siya sa paningin ko kapag kumukurap ako, hindi ko maitatangging humanga ako sa nakakapanibagong ganda niya sa harapan ko.

"It's been a long time!" masayang bati ni Mokz kay Chairman dahilan upang matinag ako. **"Ha ha ha ha ha!"**

"Mm, it's good to see you, Mokz." nakangiting bati ni Chairman, tumayo ito at nakipagkamay kay Mokz tsaka sila nagyakap.

Hindi ko pa rin magawang alisin kay Taguro ang paningin ko at nakakainis sa pakiramdam iyong hindi niya man lang ako lingunin at kay Randall siya nakatingin! Sinenyasan silang maupo ni Chairman at agad namang nagsipagsunuran ang mga ito. Karahap ni Randall si Maxwell at kaharap ko naman ngayon si Taguro, nakakabalisa ang katotohanang iyon.

'Dam it, bakit kailangang mangyari pa ito? Bakit pati sila ay nandito? Akala ko ba ay kami lang? Hindi ko kayang mapahiya sa harap nila lalo na sa harap ng mayabang na Taguro'ng ito!'

Hindi ko pa rin magawang alisin ang paningin ko kay Taguro, maaaring dahil sa ngayon ko lang ito nakitang magdress. Medyo hapit iyon sa katawan niya kaya naman doon ko palang napansing namayat nga talaga siya.

'Ano nga ba ang ginagawa mo at ang bilis mong namayat? Tch! Hindi naman siya sobrang taba pero sa iilang linggo ay hindi ko inaasahang posibleng pumayat siya ng ganito. Bigla ba siyang pumayat o talagang malalaki lang ang damit niya noon dahil baduy siya?'

Ang totoo, kahit na mataba siya noon ay maliit ang mukha niya kaya naman katawan lang talaga ang mapapansin mong malaki sa kaniya. Bukod doon ay bibihira ang chubby sa BIS dahil maraming maarte roon at takot mabully kaya naman isa siya sa mga nangingibabaw.

'Pero hindi ko maitatangging ang ganda ng mukha niya--hep! Ano ba ang nangyayari sa'kin? Badtrip! Bakit ganito ang nararamdaman ko? Tsk!'

Hindi pa rin siya tumitingin sa'kin at nasisiguro ko iyon dahil hindi ko pa rin inaalis ang paningin ko sa kaniya. Aaminin kong nababadtrip ako dahil alam niya namang ako ito at nandito ako pero hindi man lang niya akong magawang tingnan at mas nakakabadtrip iyong mga palihim niyang sulyap kay Randall na halos katabi ko lang pero hindi niya man lang magawang ilingon ang mukha niya para makita niya ako.

'Kahit kailan ay wala siyang kuwenta!'

"This is Maxwell, the eldest," ani Mokz dahilan upang matinag ako. **"Third year Medicine Student sa BIS,"** dagdag niya pa tsaka bumaling kay Taguro kaya nasa kaniya na naman ang paningin ko. **"This is Maxpein, third year high school naman at ang pinakamatigas ang ulo, ha ha ha ha!"** aniya at hindi ko maiwasan ang matawa lalo na nung makita kong umismid si Taguro. **"Si Maxrill naman ang youngest, sa Korea siya nag-aaral."**

"Ang dinig ko ay mula ka sa SIS?" baling ni Chairman Enrile kay Maxwell, nag-angat naman ng tingin ito sa kaniya. **"Maaari mo bang sabihin sa'kin kung bakit mo napiling lumipat sa amin?"** bakas ang pagyayabang sa tono ni Chairman.

"Mm, new environment is somehow helpful to me," pormal na tugon ni Maxwell. **"I also need new opponents."**

Bahagyang natawa si Chairman. **"What do you mean?"**

"I'm no longer challenged in SIS," aniya na bahagyang ikinabigla ng karamihan sa'min.

Hindi ko napigilang mapalingon kay Randall at bakas ang pagkapikon sa itsura niya. Salubong ang kilay niya at nakakuyumos ang parehong kamao, ibinaba niya iyon mula sa mesa at itinago sa ilalim niyon.

"This guy right here is the owner of SIS," nakangiting ani Chairman na isinenyas ang napapahiyang si Randall. **"I believe you knew each other?"** tanong niya pa at tumango naman si Maxwell. Tsaka bumaling si Chairman kay Taguro at doon ko hindi napigilan ang mangiti. **"Hello, Maxpein?"**

"Mm," tanging tugon ni Taguro at talagang gusto kong matawa. Nakipagtanguan pa ito sa Chairman na ikinatuwa rin ng karamihan sa'min. Napakabastos niya.

"I guess I'm not allowed to ask you personal questions?" nakangiting dagdag ni Chairman pero nanatiling nakatingin lang sa kaniya si Taguro.

"But I'm a bit curious about your plans, what do you want to take up in College?"

"Medicine," deretsong tugon ni Taguro at kumunot naman ang noo ko.

'Ano ba ang meron sa Medicine na 'yan! Tch! Talagang matitira ako nito, eh! Ako lang yata sa mesang ito ang gustong maging Engineer!'

"Wow," hindi napigilan ni Chairman ang mamangha.

"You're not going to take up Medicine just because your parents asked you, aren't you?" seryosong tanong ni Daddy.

Ngumiwi si Taguro. **"I may not have my own decisions inside their family but I am interested about Medicine, Mister Enrile,"** pormal na tugon ni Taguro.

"Ah, yeah, let's change our topic," bahagyang nailang na ani Chairman Enrile at saka kami nagsimulang maghapunan. Bawat subo ko ay dumadagdag sa kaba ko lalo na sa t'wing magsasalita ang Chairman. **"Dein's also taking up Medicine,"** kuwento niya sa mga bisita tsaka bumaling kay Noona. **"How's your studies, hija?"**

'Damn it! Heto na talaga, ikaw na ang susunod panigurado, Deib!'

"I'm doing great," nakangiting tugon ni Noona na nilingon pa si Randall.

"Oh, I love the confidence," bumibilib na ani Mokz.

"Yes, Director, of course," ani Noona. **"I'm very confident in everything that I do."**

"That's good," humahangang ani Mokz. **"Can you take care of my health then? Ha ha ha ha! Seriously, I've been experiencing chest pain recently."**

Bahagyang natigilan si Noona at nagsalita lang nang makitang seryoso nga ito. **"But your grandson right here is also a Medicine student, why don't you ask him to take care of you?"** nagbibiro ang tonong ani Noona rito.

"Ha ha ha ha! He won't mind if I come to you."

"But it will be easier if he'll take care of you since you're near each other--"

"You're not rejecting a patient, aren't you?" sarkastikong sabad ni Maxwell dahilan upang matigilan sa sinasabi si Noona, sabay sabay kaming napalingon sa kaniya.

"E-Excuse me?" natatawa pa kunwaring baling ni Noona kay Maxwell.

"He may not seem helpless at the moment but he is voluntarily asking you to take care of his health, it seems like you're already referring the patient to see another doctor, aren't you a doctor?"

"Y-Yes, but--"

"Aren't you going to check him up first? Assessment maybe?" sarkastikong pigil muli ni Maxwell kay Noona dahilan upang mangibabaw ang tensiyon sa pagitan nila.

"I understand that, but you're also a doctor, Maxwell. Why aren't you *assessing* your *own* grandfather's situation?" halatang napipikong tanong ni Noona.

"But the situation given to you right now is different, Dein," seryoso pa ring tugon ni Maxwell. **"The point here is that a middle-aged patient is currently asking you to take care of his health and that he is experiencing chest pain. Aren't you going to assess him and *do* something to stop the chest pain? Do you even know the 4C's of being a *good* doctor, Miss Enrile?"** dagdag niya at hindi nakasagot si Noona. **"I don't think it is right to refer a patient without doing anything."**

'Ano ba sa tingin niya ang ginagawa niya? Ipinapahiya niya si Noona.'

"Ah, I'm sorry but I don't get it," napipikong ani Noona. **"The situation may be different pero nandito ka rin. He is your grandfather and we're both present in this situation. Paano mo nasabing I'm *rejecting* the patient? The patient happens to be your grandfather and you're a doctor but you did nothing about his health. What do you think you're doing to me?"**

"But the point is he *asked* you," turo pa ni Maxwell kay Noona. **"He asked you, not me. And that the first thing that you *must* do is to assess the patient's breathing and do something about the chest pain that he is experiencing and *not* to refer him to *me*."** pagdidiin pa ni Maxwell dahilan upang matigilan si Noona. **"Patients expect their doctors to be competent in making diagnosis, choosing treatment, performing procedures and following up after the therapy. Referring a patient to another doctor is the last thing that you must do and that is when you're no longer capable of treating the patient's complaint,"** mahabang satsat niya pa habang nanginginig na sa galit na si Noona. **"Hm, don't take it seriously, you might lose some of your *confidence*,"** sarkastikong dagdag niya pa.

"What the hell?" napapahiyang anas ni Noona.

"Whew," sipol ni Mokz. **"I thought I was watching a debate! Ha ha ha ha! Being a doctor--ha ha ha ha ha! Being a doctor,"** pag-uulit niya pa. **"Yes, it is! Ha ha ha! Oh, doctor, doctor, doctor!"**

"Hahahaha!" pilit na tawa naman ang naiganti rito ni Chairman at saka palihim na sinamaan ng tingin si Noona.

'Ano ba ang nangyayari sa kaniya? Akala ko ba ay may gusto siya kay Noona? Eh, bakit niya ginagawa 'to? Tch! Hindi kaya dahil nagseselos siya kay Randall? Eh, anong pakialam niya? Magsyota na 'yung dalawa at kailangan niyang tanggapin na wala siya sa kung anong meron sila, badtrip!'

"Pareho bang mag-isip ang magkakapatid na ito?" nakangiti ngunit seryosong tanong ni Chairman kay Mokz, nilingon ko si Taguro at nakita ko pang sumulyap siya sa Chairman at hindi pa rin siya tumitingin sa'kin simula pa kanina.

'Badtrip 'to, ah? Sawa na ba agad siya sa mukha ko? Tch!'

"Ha ha ha ha! No, malamig pa sa yelo ang isang 'to," nakangiwing tugon ni Mokz na isinenyas si Taguro. **"Mm, she does not smile often, doesn't greet people and she speaks in an even, calm voice. Maxpein doesn't bother helping and *always* sarcastic, she never repeats herself,"** dagdag niya at medyo nagtaka naman ako. **"Ha ha ha ha! I must say that she'll be a good doctor with an unpleasant attitude,"** tunog nagbibirong sambit niya pero at mukhang hindi iyon nagustohan ni Taguro.

'Tch, ugaling ugali niya ang ulitin ang sinasabi niya gaya na lang kaninang hapon! Sa'kin lang kaya siya ganon? Doesn't bother helping? Tch! Eh, parati nga siyang nandoon t'wing kailangan ko ng tulong.'

"That's *if* she's going to be a doctor," mariing bulong ni Noona at hindi niya inaasahang maririnig namin siya kaya ikinagulat niya ang paglingon namin.

"Hon..." saway ni Randall sa kaniya.

"I'm s-sorry, I didn't mean to say that," napapahiyang paumanhin ni Noona ngunit huli na ang lahat dahil ikinabigla na namin iyon lalo na ni Chairman na agad nagsalubong ang mga kilay, halatang hindi nito nagustohan ang sinabi niya.

"Look who's talking?" sarkastikong anas ni Maxwell dahilan upang samaan siya ng tingin ni Noona, nilingon ko si Taguro at ngingisi-ngisi lang siya gaya ng kapatid niya.

Tumikhim ng malakas si Chairman at saka sumimsim sa wine glass na hawak niya dahilan upang magsiayos ng upo ang karamihan sa'min.

"Deib Lohr?" biglang tawag nito sa'kin dahilan upang magliyab ang puwetan ko sa kaba.

"C-Chairman?" utal pang usal ko.

"How's your studies?"

"G-Good, Chairman." tugon ko.

Ngayon pa lang ay napapahiya na ako at gusto ko nang tumayo upang lisanin agad ang lugar na ito. Hindi ko alam kung paano ang magiging reaksyon ko kapag sinimulan niya na ang pagpapahiya sa'kin sa harap ng mga ito. Hindi ko magawang kumalma sa ganitong uri ng sitwasyon dahil nasisiguro kong sasabonin ako ni Chairman.

"I heard about your mess, aren't you done with it yet?" maawtoridad na tanong ni Chairman at awtomatikong napayuko ako at hindi nakasagot. Nararamdaman ko talagang heto na ang simula ng pagkapahiya ko. **"You're no longer a kid, in fact, you can already decide on your own, what's the use of bullying others?"**

Pakiramdam ko ay umakyat ang nginig ko simula sa paanan papunta sa mga kamay ko dahilan upang maitago ko ang mga iyon sa ilalim ng mesa upang walang makakita. Hindi ako makatingin ng deretso kay Chairman at lalong hindi ako makasagot.

'Sana ay gumuho ang restaurant na 'to at ako ang unang matabunan, badtrip!'

"Alam kong si Maxpein ay isa sa mga biktima mo," dagdag niya pa dahilan upang maiangat ko ang tingin ko't magtama ang paningin namin ni Taguro sa unang pagkakataon. **"She's your prime victim, am I correct, Deib Lohr?"**

"Hm, is that so?" gulat pang tanong ni Mokz na nagpalitan ng tingin sa'min ni Taguro.

"Yes," ani Chairman at muling tumikhim. **"At ako na ang humihingi ng paumanhin sa ugali niya, mayroon siyang ugaling mahilig mang-alaska ng kaeskwela,"** dagdag pa nito at binigyan naman ako ng hindi makapaniwalang tingin ni Mokz dahilan upang lalo akong mahiya.

"But you're friends now, right?" naninigurong tanong sa'kin ni Mokz at nagkatinginan naman kami ni Taguro, kinailangan kong tumango, nagbabaka-sakaling maalis niyon ang galit ni Chairman. **"Ha ha ha ha ha!**

That is the best thing to do after the fight, I guess? Being friends with your past enemy is a sign of maturity, I believe, ha ha ha ha!"

'Buti pa siya ay nakakaintindi, sana ay ganiyan din si Chairman.'

"Parati ko siyang pinagsasabihan ngunit hindi siya nagtitino," tiim-bagang na angil ni Chairman dahilan upang tumikhim ako.

"Kakatwa na ang isyu sa pagitan namin ng apo ninyo sa tuhod ay naging big deal," nakangising anas ni Taguro dahilan upang maagaw niya ang atensyon naming lahat.

'Umiral na naman ang kabastusan niya! Tsk!'

"Dahil hindi ko inaasahang magpapatuloy pa rin siya," nakangisi ring tugon ni Chairman. **"Hindi ko ugaling kunsintihin ang kalokohan ng isang tao lalo na iyong nasa loob ng pamilya ko,"** dagdag niya habang nakatingin sa mga mata ko. **"Anumang nangyari sa pagitan ninyo ay hindi katanggap-tanggap sa pandinig ko, hija."**

"Naiintindihan ko, Chairman," pormal na tugon ni Taguro. **"Pero ang lahat ay sinasabing siya ang suspect, pero ang totoo ay pareho kaming suspect dito,"** dagdag niya tsaka ngumisi. **"Ako iyong tipo ng taong mulat ang mga mata sa kamaliang nagagawa ko, sa tingin ko ay hindi ako karapat-dapat na tawaging biktima."**

"So you're telling me that you did some wrong acts too?" nakangising tanong ni Chairman.

"Of course, kicking his ass is one of them."

"Ha ha ha ha ha!" nangibabaw ang napakalakas na tawa ni Mokz. **"I told you, Chairman Enrile, she's different!"**

'Tch!'

"Mm, I see," ani Chairman tsaka muling tumikhim at nilingon ako muli. **"Inaasahan kong magiging maganda ang resulta ng graduation mo, Deib Lohr,"** makahulugang aniya.

"Y-Yes, Chairman."

Doon palang nagtuloy tuloy ang pagkain namin at tanging si Mokz na lang ang kinakausap ni Chairman. Maraming magagandang bagay na sinabi si Mokz patungkol sa business. Paminsan minsan ay sinisinghalan nito ang pagiging tamad ni Taguro habang kapansin pansin naman ang papuri nito kina Maxwell at Maxrill. Sa ganoong paraan ay may nakita akong bahagyang pagkapareho namin ni Taguro, iyon nga lang, hindi siya takot sa Lolo niya na gaya ko.

"May klase pa ang mga bata bukas kaya sa tingin ko ay hindi kami maaaring magtagal. Marami rin akong schools na kailangan pang bisitahin bukas. Sa tingin ko ay magkita na lamang uli tayo," pamamaalam ni Chairman kay Mokz nang matapos kaming maghapunan at sabay sabay na lumabas mula sa resto.

"Yes, yes, I'll see you tomorrow," tugon ni Mokz. **"Thanks for tonight. Take care, Chairman Enrile."**

"Take care, Director Mokz," tugon ni Chairman at saka sila nagkamay. **"Let's go,"** anyaya niya kay Lolo. Isang pormal na kaway at pilit na ngiti naman ang iniwan nito sa'min bago kami tuluyang tinalikuran.

'Tch! Kailangan ko bang pasalamatan si Taguro dahil hindi niya ako nagawang sabonin ng todo? Kung hindi siya sumabat sa usapan ay paniguradong namumula pa ako hanggang ngayon. Tsk!'

"Let's go, Deib," anyaya sa'kin ni Mommy ngunit nahagip ng paningin ko si Maxwell na naglalakad papunta sa kotse niya, agad na kumunot ang noo ko.

"Mom, susunod na lang po ako, may kakausapin lang," paalam ko at ngumisi naman si Mommy, nanunukso.

"Yiiieee! Hihihi! Sige, we'll wait for you, baby,"

"Tch, para saan ang *yiiieee*, Mom?" inis na tanong ko pero ngiting ngiting tinanguan lang ako nito.

Hindi na ako nagsayang pa ng segundo, agad kong tumakbo papalapit kay Maxwell ngunit hindi ko pa man ito tinatawag ay parang naramdaman na nito ang paglapit ko kaya naman nilingon niya ako.

"I want to talk to you," naghahabol pa ng hininang sabi ko.

"About what?" kunot-noong tanong niya tsaka tuluyang humarap sa'kin.

"Hindi ko maintindihan kung bakit kailangan mong ipahiya ng ganoon si Noona kanina," panimula ko at lalong nagsalubong ang mga kilay niya. **"Naiintindihan ko kung ano ang pinupunto mo roon kanina, pero hindi ko maintindihan kung bakit kailangan mong maging sarkastiko?"**

"Hindi ko rin maintindihan kung bakit *ikaw* ang nandito at hindi ang Ate mo? Siya at hindi ikaw ang ipinahiya ko, iyon ang sabi mo."

"H-Ha?" utal na tugon ko. Napakapormal ng pananalita niya.

"Tsh. Kung meron mang dapat kumompronta sa'kin, hindi ikaw 'yun dahil hindi naman ikaw ang *ipinahiya* ko." angil niya.

"Oo nga, pero hindi pa rin tama 'yung ginawa mo," napapalunok na tugon ko. **"Bilang kapatid niya ay hindi ko nagustohan ang mga sinabi mo r'on. Nakita mo ba 'yung reaksyon ng Chairman habang ipinapahiya mo ang kapatid ko sa harap mismo ng mga magulang niya? Hindi tulad ni Mokz si Chairman Enrile kaya sana ay naging sensitibo ka para maramdaman mong istrikto siya. Hindi tamang ipahiya mo si Dein, ano na lang ang iisipin nila sa kaniya? Na hindi siya magaling na doktor, gaya mo? Tch!"**

"Kung ganon ay sabihin mo sa'kin kung ano ang tama kong gawin doon?"

"Ang manahimik," sarkastikong asik ko. **"Dahil sina Mokz at Noona ang nag-uusap at sumali ka lang talaga para ipahiya siya."**

"Ano ang masama sa pagsali ko sa usapan ng iba? Hindi tama ang sinasabi niya, sa tingin ko ay mas makakasama kung hahayaan ko lang sila," nakangising aniya. **"Dapat talaga siyang mahiya dahil sa mga pinagsasasabi niya."**

"Talaga? Hindi niya alam ang sinabi niya o gusto mo lang talaga siyang ipahiya dahil hindi mo kayang makita ang bestfriend mo at ang babaeng *gustong gusto* mo na magkasama?" deretsong tugon ko dahilan upang matahimik siya. Ngunit ako mismo ay natigilan din nang makita kong nawala unti-unti ang sarkastikong ngiti sa mukha niya.

'Wala akong pakialam kung magalit siya, alam kong may tama rin naman sa mga sinabi ko at talagang hindi ko nagustohan ang ginawa niya sa kapatid ko. Tch!'

"May nalalaman ka ba tungkol sa'kin?" biglang ngisi na namang tanong niya.

"Oo."

"Mm, siguro ay nakinig ka sa usapan namin ni Randall kanina."

"Hindi ko sinasadyang marinig lahat--"

"Oh?" nakangising pigil niya sa pagsisinungaling ko. **"Hindi mo sinasadyang marinig pero mukhang umabot ka hanggang sa dulo ng pag-uusap namin. Narinig mo *lahat* ng pinag-usapan namin,"** pagtatama niya sa pagsisinungaling ko.

"Oo nga, pero hindi ko intensiyong pakinggan lahat--"

"That's stupid!" asik niya dahilan upang magitla ako. Nanlaki ang singkiting mga mata niya at sumama ang tingin sa'kin. **"Kung hindi mo intensiyong pakinggan lahat, sana nung unang may marinig ka ay**

umalis ka na. Hindi ako tanga kaya 'wag mo akong bibigyan ng dahilang pang-tanga, naiintindihan mo?" parang nakatatandang kapatid na aniya.

'Magkapatid nga sila ni Taguro! Tch!'

"Kung nagagalit ka dahil ipinahiya ko ang kapatid mo, isipin mo rin sana kung ano ang naramdaman ko sa mga katarantaduhang ginawa mo sa kapatid ko," pilit nagpapakamahinahong aniya ngunit nangibabaw ang pagkapahiya sa dibdib ko, hindi ko naisip na sasabihin niya ito ngayon. **"Hindi ko sinasabing maging patas ka sa'kin pero 'wag na 'wag mo na ulit gagawing kumprontahin ako sa bagay na ginawa ko dahil kumpara sa'yo, mas alam ko ang ginagawa ko,"** seryoso na namang aniya at napamaang ako. **"Umalis ka na sa harapan ko!"** singhal niya ngunit hindi ako nakagalaw. Hindi niya na ako hinayaang makapagsalita, mabilis siyang lumulan sa kotse niya at agad na pinaharurot iyon.

Naiwan akong napapahiya pa rin bagaman nakalayo na siya.

"Anong ginawa mo ro'n?" biglang nangibabaw ang boses ni Taguro mula sa likuran ko at nang harapin ko siya ay nagulat nang makita kong salubong na rin ang mga kilay niya. Masama talaga ang tingin niya sa'kin na nilingon pa ang dinaanan ni Maxwell. **"Woi!"**

"N-Nag-usap lang kami," utal pang tugon ko.

"Eh, bakit sinigawan ka?"

"Tch, dahil pareho kayong abnoy! Kinakausap ng maayos, biglang ngingisi--biglang magagalit--biglang maninigaw! Magkapatid nga kayo!"

"Eh, ano nga kasi ang ginawa mo?"

"T-Tinanong ko siya kung bakit kailangan niyang ipahiya ng ganoon si Noona," nakangusong pag-amin ko dahil mukhang galit na talaga siya. **"Nagalit siya dahil hindi naman daw dapat ako ang kumukompronta sa kaniya kundi si Noona. Tch!"**

"Tss, hindi ka niya sisigawan kung 'yun lang ang dahilan, Sensui, ano ang ginawa mo ro'n?"

'Ganoon niya ba talaga kakilala ang kapatid niya para pati iyon ay maramdaman niya pa? Tch!'

"Wala nga!" sagot ko pa rin.

"Sasagotin mo ang tanong ko o tatanongin ko siya?" naghahamong aniya.

"Eh, di tanongin mo siya!"

"Oo at patay ka sa'kin kapag nalaman ko kung ano 'yun," banta niya at natinag ako.

"Bakit ako? Inaano kita?" inis na tanong ko pero hindi niya na ako sinagot. Parang lalaking naglakad siya papalayo sa'kin!

'Tch! Ang sagwa! Ang ganda na sana nung suot mo pero 'yung lakad mo ay hindi, hindi ka bagay sa ganiyang damit dahil hindi ka naman babae, Taguro!'

OceanofPDF.com

CHAPTER 99

MAX'S POV

Hindi ko naiwasan ang mainis dahil mukhang nabadtrip si Maxwell kay Sensui kaya naman matapos siyang sigawan nito ay nagmadali itong umalis nang hindi man lang ako iniisip.

Tss, mahusay, Enrile, tsk tsk! Ako nga ay hindi mo kinaya, 'yung kapatid ko pa?

Kasalukuyan akong naglalakad pabalik ng resto nang mapansin kong wala na rin doon ang sasakyan ni Mokz, agad naman akong nanlumo. Sinubukan kong tingnan sa harapan at mismong parking lot ngunit wala na talaga ang mga ito.

'Now, this is great! Damn it! Paano ako uuwi nito? Tsk!'

Sinundo lang ako ni Maxwell kanina kaya naman siya rin ang inaasahan kong maghahatid sa'kin pabalik. Paniguradong nawala ako sa isip niya kaya hindi na ako nagawang alalahanin pa nito, at isa pa ay hindi siya sanay ng may kasabay.

Naglakad na lang ako palabas sa bakuran ng resto ng may sama ng loob, dumako sa high way para maghintay ng buss doon.

Yari ka talaga sa'kin, Sensui, kahit kailan ay pasakit ka sa buhay!

Natinag ako sa napakalakas na busina na iyon, agad naman akong tumabi upang makadaan iyon.

"Maxi!" dinig ko ang malakas na tinig ni Mrs. Enrile, bahagya ko pang naiharang ang braso sa mukha ko nang masilaw ako sa liwanag ng ilaw ng sasakyang iyon sa likuran ko. Nakita ko naman si Mrs. Enrile na bumaba mula sa sasakyan at lumapit sa'kin.

"Mrs. Enrile," bungad ko sa kaniya.

"Maxi! Aren't you going home?"

"Ah, uuwi na nga ho sana ako, eh, tinawag niyo lang ako."

"Ha? Eh, nasaan na ang mga kasama mo? Iyong Kuya mo?"

'Binuwisit ho ng anak niyo.'

"Nakalimutan ho ata nilang kasama nila ako, hehehe," pilit na biro ko pero nag-alala siya.

"Omo! Don't tell me, magko-commute ka pauwi, hija?"

"Mukhang ganon na nga ho."

"No!" angil niya at natigilan ako. **"Sasabay ka sa'min! Hihihihi!"** biglang ngising aniya.

Nagtataka akong napatingin sa kaniya at saka ko nilingon iyong sasakyan nila, patay na ang ilaw sa harapan niyon kaya naman nakita ko ang mukha nina Sensui at Dein sa loob. Ultimong ang bahagyang pagkakataas ng kilay ni Sensui ay natatanaw ko mula rito sa kinatatayuan ko.

"Ah, hindi na ho, Mrs. Enrile, nakakahiya naman."

"Bakit ka naman mahihiya, Maxi? Delikado dahil gabing gabi na kaya sumabay ka na sa amin, hija, pareho lang namang Laguna ang uuwian natin," pakiusap niya.

"Hindi na ho."

"Sige na, Maxi, hindi ka naman puwedeng magbiyahe ng ganiyan ang suot mo," malungkot pa kunyaring aniya, napatingin naman ako sa suot ko tsaka napangiwi.

'Isa pa itong damit na 'to! Maayos at kumportable na ako sa suot ko kanina pero nang dahil sa kaartehan ni Maxwell ay napilitan akong magpalit! Nakakainis!'

Sabay kaming napalingon ni Mrs. Enrile nang muling may bumusina, bahagya pa akong nagulat nang makita kong si Randall iyon. Agad akong napatingin kay Mrs. Enrile at nakangiti na rin siya kay Randall, mas ikinagulat ko pa nung umibis ito mula sa kotse at lumapit sa'min.

"Is there a problem, Tita?" tanong pa ni Randall na hindi man lang ako tinitingnan. Muli akong nainis dahil suot pa nito ang suit na iniregalo kong suit sa kaniya.

'Nananadya pa yata.'

"Ah, ito kasing si Maxi ay naiwan ng mga kasama niya kaya sabi ko ay sumabay na siya sa amin, kaso ay nahihiya naman daw siya,"

"Ah, ganon po ba? Sa'kin ka na sumabay kung ganon?" alok ni Randall dahilan upang matigilan ako.

"Ah, magkakilala kayo?" takang tanong ni Mrs. Enrile dahilan upang maging makahulugan ang tinginan namin ni Randall.

"Yeah, we're s-schoolmates before, sa SIS," sagot ko.

"Sa'kin ka na sumabay, ihahatid kita," muling alok ni Randall.

"Ano ba ang ginagawa niyo pa riyan?" biglang nangibabaw ang galit na tinig ni Sensui mula sa 'di kalayuan at napalingon naman kami ro'n.

"We're blocking the driveway, oh!" asik niya pa habang nakaturo sa parehong sasakyan nila ni Randall, kataka-taka lang dahil wala namang dumaraang sasakyan bukod sa sasakyang pag-aari nila ni Randall pero mukhang galit siya.

"Deib, naiwan kasi si Maxi ng mga kasama niya, sabi ko ay sumabay na siya sa'tin," ani Mrs. Enrile rito.

"Ha?" gulat namang tugon ni Sensui. **"Eh, bakit nga ba hindi ka pa sumabay rito?"**

"Nahihiya raw kasi siya, hihihihi."

"Anong nakakahiya ro'n, eh, sasabay ka lang naman?" sarkastikong tanong pa sa'kin ni Sensui.

'Walang nakakahiya ro'n, ayaw lang talaga kiang kasabay lalo na iyang kapatid mo, 'wag kang tanga.'

"Oo nga, Maxi, hija, halika na't sumabay ka na sa'min, lumalalim na ang gabi," anyayang muli ni Mrs. Enrile na hinawakan pa ang braso ko.

"Ako na lang po ang maghahatid sa kaniya, Tita," prisinta ni Randall.

"Ha? Bakit ikaw?" asik ni Sensui na hindi man lang namin namalayang papalapit na pala.

"Bakit naman hindi?" natatawa pa kunyaring tanong ni Randall. **"Eh, marami na kayo sa sasakyan, wala naman akong kasama sa kotse ko kaya ayos lang--"**

"Eh, di si Noona ang isama mo!" animong galit na sigaw ni Sensui dahilan upang sabay sabay kaming mapatingin sa kaniya. Bigla siyang nabalisa. **"B-Baka kasi magselos si Noona kung isasabay mo siya,"** depensa niya pa tsaka bumaling sa'kin. **"Tara na, sa'min ka na sumabay, ihahatid na lang kita sa bahay niyo pagkahatid ko sa kanila sa bahay."**

"Let's go, Maxi, dear, it's really getting late," ani Mrs. Enrile.

"Ako na lang po ang maghahatid sa kaniya dahil mukhang masikip na kayo riyan," pagpupumilit ni Randall. **"For sure, Dein won't mind because she's familiar with Max,"** paniniguro niya pa.

"Ako na nga ang maghahatid sa kaniya, 'di ba?" sarkastikong ani Sensui, kumunot naman ang noo ni Randall.

"Ako na, dahil alam ko naman kung saan siya nakatira, okay?" sarkastiko ring tugon ni Randall at kumunot naman ang noo ni Sensui.

"Kay Randall na lang ako sasabay," pagdedesisyon ko habang nakatuon ang paningin kay Mrs. Enrile, ikinagulat nito ang sinabi ko.

"Bakit?" wala sa sariling tanong ni Sensui sa'kin.

'Anong bakit? Tss.'

"Marami na kayo sa sasakyan niyo."

"Kasya naman tayo, eh."

"Hindi na, salamat na lang."

"Are you sure, Maxi?" nag-aalalang tanong ni Mrs. Enrile at tumango naman ako, tsaka siya bumaling kay Randall. **"Take care, okay? Ikaw na ang bahala kay Maxi, hijo, ihatid mo siya and be safe. Let's go, Deib."**

"Ingat po, Tita," pahabol ni Randall dito tsaka bumaling sa'kin. **"Let's go?"**

"Mm," tango ko ngunit bago pa man ako makapaglakad ay nahagip na ng paningin ko si Sensui na hindi pa rin umaalis sa harapan namin. **"Ano?"** takang tanong ko dahil salubong pa rin ang mga kilay niya habang nakatingin sa'min.

"Dito ka na sa'min sumabay dahil si Chairman naman ang nangumbida sa inyo ng pamilya mo rito, responsibilidad kita," seryosong aniya dahilan upang mapamaang ako.

'Responsibilidad? Ano ba ang sinasabi niya? Tss, kailan pa?'

"Eh?" naguguluhang tanong ko.

Natigilan siya at mukhang hindi niya rin alam ang sinasabi niya. **"I-Ibig kong sabihin, siyempre, kami ang nagyaya sa pamilya mo rito kaya kung meron man na dapat maghatid sa'yo, sa tingin ko ay ako 'yun--"**

"It's okay, Deib, hindi ko naman siya pababayaan," pilit ang ngiting pigil sa kaniya ni Randall dahilan upang mas kumunot ang noo ni Sensui. **"Ayos lang din naman sa pamilya niya kung ako ang maghahatid sa kaniya dahil *kilala* naman nila ako,"** mariin pang dagdag nito.

'Kung ako sa inyong dalawa, sasapakin ko kung sinong makulit! Tss!'

"Kilala na rin naman ako ng pamilya niya," pakikipagpaligsahan ni Sensui.

"Sa kaniya na ako sasabay," seryosong sambit ko at doon natinag si Sensui, binigyan niya ako ng nagtatanong na tingin. **"Pumasok ka na sa sasakyan niyo, lumalamig na,"** tsaka ako muling bumaling kay Randall. **"Tara."**

Hindi ko na nilingon pa muli si Sensui at nagpaumuna na akong maglakad kay Randall papunta sa passenger's seat. Nilingon ko pa muna sina Mr. at Mrs. Enrile tsaka kumaway at tumango sa mga ito, tumingin din ako kay Dein pero agad na nag-iwas ng tingin ito. Ikinabigla ko pa ang

pagbubukas ng pinto ni Randall para sa'kin pero hindi na ako nagpahalata pa at basta na lang sumakay roon.

Habang hinihintay ko si Randall makasakay ay natanaw ko pa si Sensui na padabog na sumakay sa sasakyan nila, mabilis na iminaniobra iyon tsaka umalis.

Nang magsimulang umandar ang kotse ni Randall ay tanaw ko pa rin ang sasakyan ng mga Enrile na siyang nasa harapan lang namin.

'Tss, 'wag mo akong artehan ng ganiyan, Sensui, tsk tsk. Baka mamisinterpret kita.'

Natawa ako sa sarili kong isipin, hindi ko tuloy naiwasan ang mapangiti.

Nanatiling tahimik ang pagitan namin ni Randall habang tinatahak ang daan, may ilang minuto na rin kaming tumatakbo pero pareho pa rin kaming nagpapakiramdaman, balewala naman sa'kin 'yon dahil sanay naman akong hindi magsalita.

"Sounds tayo, ah?" maya maya'y siya rin ang bumasak sa katahimikan. **"Ang tahimik, eh,"** aniya pa pero hindi na ako sumagot. Nanatili akong nakatingin sa labas ng bintana. Pumailanlang ang pamilyar sa'kin na kanta, *Hard to Say I'm Sorry by Az Yet.*

Sa kanta pa lang ay batid kong may gusto na siyang sabihin sa'kin, kaya naman bumuntong-hininga ako ng malakas at tumingin sa harapan.

"Ah," panimula niya.

'Sinabi ko na nga ba't hindi pa siya tapos magdrama.'

Bumuntong-hininga uli ako't lumingon sa kaniya.

"Iyong nangyari nung nakaraan," aniya at nakinig naman ako. **"Hindi ko sinasadyang mangyari ang ganon, sorry kung hindi ako nakapag-isip agad,"** aniya na pinalalakas ng pilit ang loob. **"Alam kong kumalat na sa BIS 'yung tungkol sa atin at sigurado akong hindi mo 'yon nagustohan, ako na ang humihingi ng paumanhin."**

"Si Kim nga raw ang nagsabi," tugon ko at siya naman ang napabuntong-hininga.

"Tsk," dinig kong asik niya ngunit hindi ko na iyon pinansin pa. **"Eh, di ang dami na namang bulung-bulungan tungkol sa iyo? Ibig kong sabihin, narinig ko kasing maraming nangbubully sa'yo sa BIS dahil sinimulan ka ni Deib,"** may bahid ng pag-aalinlangang aniya pa.

'Narinig o nalaman? Paniguradong nagtanung-tanong ka naman tungkol sa akin, Randall.'

"Sanay naman ako sa ganoon, 'di ba?" sarkastikong tugon ko. **"Sanay akong maraming sinasabi sa'kin ang ibang tao, kailan ba nawala 'yon sa buhay ko? Tss."** mapaklang dagdag ko.

"Oo nga, pero kilala kita, ayaw mo sa lahat ay iyong marami kang naririnig tungkol sa iyo na hindi naman totoo."

"Eh, totoo naman, hindi ba?" matabang na tanong ko na tumingin pa sa kaniya, nang magtama ang paningin namin ay tsaka ko ibinalik sa likuran ng sasakyan nila Sensui ang paningin ko. **"Lahat ng pinag-uusapan nila tungkol sa'kin ngayon ay totoo, Randall. At isa pa, hindi naman ako kailanman naapektuhan sa mga naririnig ko sa paligid ko, nasanay na akong binabalewala ang lahat."**

Hindi agad siya nakapagsalita at narinig kong bumuntong-hininga pa siya ng ilang beses, ilang sandali ang lumipas bago siya nakapagsalita uli.

"Hanggang ngayon ay hindi ko maintindihan ang sarili ko kung bakit ganon na lang ang naging mga reaksyon ko nung makita kita," seryosong aniya, ramdam ko ang pagiging sinsero niya. Nakatuon sa pagmamaneho ang atensiyon niya nang lingunin ko siya kaya muli akong nag-iwas ng tingin. **"Kakaiba ang pakiramdam ko nung makita kita ulit, tinatanong ko ang sarili ko kung..."** bumuntong-hininga pa siya. **"Paano kung nakita kita bago mawala si Daddy? Paano kung nalaman kong darating ka bago pa mawala si Daddy? Magiging ganoon pa rin kaya ang reaksiyon ko? Magbabago pa kayang bigla 'yung nararamdaman ko?"**

Hindi ko na naman maintindihan ang sinasabi niya pero pinabilis niyong bigla ang tibok ng puso ko, ngunit hindi ko na iyon ipinahalata pa sa kaniya. Nanatili akong nakikinig habang nakatingin sa dinaraanan namin.

"Ang totoo, nung narinig kong wala na si Daddy, parang gusto ko na ring mamatay sa oras din na iyon, hindi ko matanggap," nasasaktang aniya. **"Pakiramdam ko ay wala akong nakikita kung hindi ang kabaong niya, wala akong naririnig kung hindi ang paborito niyang kanta,"** malungkot pang dagdag niya. **"Wala akong iniisip kung hindi si Daddy lang, tapos biglang dumating ka,"** bumuntong-hininga siya at naramdaman ko ang paglingon niya ngunit hindi ako kumilos. **"Hindi ko talaga inaasahang makikita kita nung oras na 'yon, Pein. Hindi ko akalaing mahigit dalawang taong kitang hindi nakita, hindi nakausap, walang balita tungkol sa'yo tapos--makikita kita? Parang, wow!"** tumawa pa siya kunyari. **"Naghalu-halo bigla 'yung nararamdaman ko**

nung mga oras na 'yon, doon ko naramdaman ang saya, ang lungkot, ang sakit--lahat, Pein, lahat lahat. Masaya akong nakita uli kita pero kasi, wrong timing, eh."

'Tss. At ang lagay ay ako pa ang mag-a-adjust?'

"Hindi naman ako magpapakita sa'yo kung hindi nawala si Tito," prangkang tugon ko na ikinagulat agad niya.

"Bakit?" may panghihinayang sa tono ng pananalita niya kaya bahagya akong natawa.

"Kasi alam kong *ganiyan* ang mangyayari sa'yo."

"Ano ang ibig mong sabihin?"

"Dahil alam ko na kung anu-ano lang ang iisipin mo, natatakot lang akong makagulo pa ako sa inyo ni Dein."

"Nakakalungkot namang malaman na si Daddy lang pala talaga ang ipinunta mo sa bahay nung oras na iyon," malungkot ngang aniya kaya muli akong natawa.

"Kakatwang malaman na parang may inaasahan ka pang iba, Randall," natatawa kunyaring tugon ko.

"Oo," prangkang tugon niya kaya natigilan ako ngunit pilit na hindi lumingon sa kaniya bagaman batid kong nililingon niya ako. **"Inaasahan kong *ako* ang pangunahing dahilan kung bakit ka pumunta ro'n, inaasahan kong *ako* ang iniisip mo kaya ka pumunta, dahil alam kong alam mong hindi ko kaya,"** umaasang aniya. **"Hindi ko kayang mawala si Daddy dahil mahal na mahal ko siya. Nakakalungkot malaman na si Daddy lang talaga ang ipinunta mo at hindi man lang ako naging parte ng dahilan mo. Akala ko kasi ay nag-aalala ka sa lagay ko kasi alam mong hindi ko makakayang tanggapin iyon basta basta dahil kilala mo ako. Pero mukhang nagkamali ako."**

"Naririnig mo ba ang mga sinasabi mo?" inis na tugon ko at natigilan siya.

"Oo naman," napapahiyang tugon niya.

"Eh, alam mo ba kung gaanong nakaka-*tanga* 'yang mga sinasabi mo?" sarkastikong dagdag ko na mas ikinagulat niya. **"Randall, 'yung mga sinasabi mo ay walang-kuwenta lahat para sa'kin."**

"Pein..."

"Hindi ko alam kung ikaw pa ba 'yung Randall na kilala ko noon, parang hindi na kita makilala ngayon."

"Ako pa rin naman ito, Pein, ako pa rin 'yung Randall na nakilala mo, 'yung Randall na ex-boyfriend mo," sinserong aniya at kumunot naman ang noo ko. **"Ako pa rin iyong Randall na minahal mo."**

"Kung ganon ay bakit hindi mo matandaang ikaw ang may gusto nito?" inis na talagang tanong ko. **"Kasi nakakainis lang na paulit-ulit ka, eh, nag-uumpisa ka na naman. Nasagot ko na ang mga 'yan, inuulit mo na naman."**

"Dahil hindi pa nasasagot ang lahat ng tanong sa isip ko at masakit para sa'king tanggapin na parang hirap na hirap kang magpaliwanag sa'kin," parang naiinis din na aniya. **"Ugaling ugali mo kasi 'yung--tatanongin ka pero sasagotin mo ng pabalang. Ngingisi ka pa na parang nakakaloko pero hindi ka namang nagsasalita? Hindi ba puwedeng sagotin mo na lang? Para hindi na ako magpaulit-ulit at para malaman ko na rin 'yung totoo nang hindi ka nagagalit,"** animong nauubusan nang pasensiyang aniya pa. **"Ang hirap kasi sa iyo ay masiyado kang matigas, masiyado mong pinaninindigan iyong panlalamig mo, hindi ka rin naman dating ganiyan, 'di ba?"**

"May mga bagay kasing dapat ay *alam* mo na at hindi mo na kailangang itanong pa," inis na tugon ko. **"Oh, sige, sabihin na nating tama ka, na ugali ko nga ang sumagot ng pabalang, pero ano ba ang itatanong mo? Kung *'bakit hindi kita ipinaglaban'* na naman?"** nasusuyang dagdag ko. **"Eh, ilang beses ko bang dapat na sagotin iyan? Sa pagkakaalam ko ay nasagot na 'yan nung nakaraan. Ngayon kung may tanong ka pa, sana ay iniisip mo rin muna kung gusto ko bang nagtatanong ka sa'kin ng mga ganiyan?"** asik ko at natigilan siya.

"I'm sorry," napapahiyang aniya. **"Alam kong nagagalit ka dahil ayaw mo ng tinatanong ka ng paulit-ulit, pero ikaw lang kasi ang makakasagot sa mga tanong ko at wala ng iba. Hindi ako naliliwanagan sa mga sagot mo dahil parati ngang pabalang at dalawa ang ibig sabihin, nahihirapan akong intindihin, Pein,"** aniya at inis akong nag-iwas ng tingin dahil naiintindihan ko ang ibig niyang sabihin at aminado akong ugali ko nga iyon. **"Bakit hindi mo sinabi sa'kin na nandito ka na?"**

"Dahil hindi ko naman alam na kailangan mong malaman na nandito na ako, break na tayo, eh. Wala akong makitang dahilan para ipaalam pa sa'yo ang mga kilos ko. Kung nagtaon namang sinabi ko at wala ka ng pakialam, eh, di ako lang ang napahiya?"

"Tayo lang ang nagbreak pero hindi ang pagkakaibigan niyo ni Daddy, Pein, siguro naman ay may karapatan siyang malaman na nandito ka?"

"Hindi ganoon kadali para sa'kin na magpakita uli pagkatapos nung nangyari at pagkalipas ng ilang taon, Randall, iyan ang gusto kong ipaintindi sa'yo."

"Iyan ba talaga ang nararamdaman mo? O ayaw mo lang talagang magpakita sa'kin dahil hanggang ngayon ay hindi mo pa rin kaya? Dahil hanggang ngayon ay hindi ka pa rin nakakamove on sa nangyari sa'tin?" deretsong tanong niya, at namalayan ko na lang ay nakahinto na ang kotse niya. Alam kong nakatingin siya sa'kin ngunit hindi ko siya magawang lingunin, nakakabagabag ang bilis ng tibok ng puso ko. **"Kilala kita at hindi mo ugali ang magsinungaling, Pein, maaaring matatakpan ng panlalamig mo ang mga ekspresyon ng mukha mo pero hindi mo ako basta bastang mallokong sa mga sinasabi mo, Pein."**

Hindi ako nakasagot. Nanatili akong nakatingin sa labas at pilit na nilalabanan ang emosyon kong nagkukumawala mula sa katawan ko. Naramdaman kong humarap siya sa'kin ngunit hindi ako nagpatinag.

"Pein, ang sa'kin lang naman kasi, sana ay nagpakita ka sa'min nung nakabalik ka na, dahil kung ako ang tatanongin mo ay ikatutuwa ko pa ang makita ka. Matutuwa pa ako kapag nakasama uli kita dahil hindi mo alam kung gaano akong nasaktan nung umalis ka," malungkot ang tono na aniya. **"Masakit para sa'kin na hindi ka man lang nagtanong kung *bakit* ko ginawa 'yon nung birthday ko? Hindi ka man lang nagalit sa'kin, hindi ka man lang umiyak, Pein, lahat ng normal at kadalasang reaksiyon ng isang girlfriend sa taong mahal niya at nanakit sa kaniya ay hindi mo ipinakita,"** nasasaktan talagang aniya habang gumagaralgal pa ang boses.

'Hindi ako handa sa ganitong klase ng usapan, Randall, nakikiusap ako sa'yo, huminto ka na.'

"Alam kong ibang klase ka kung magmahal at kakaiba rin ang paraan mo ng pagpapakita no'n, hindi mo ugali ang maghabol lalo na ang manggulo pero, Pein, 'yung paraan mong iyon ang nakakapanakit sa'kin. Pakiramdam ko ay hindi ako karapat-dapat na ipaglaban. Ipinaramdam mo sa'kin na ganon lang ako kadaling iwanan at kalimutan at ang sakit sakin non."

"Kung ano ang sa tingin mong ipinaramdam ko sa'yo ay siya rin mismong nararamdaman ko nung mga oras na 'yon. Nagawa mo ring iparamdam sa'kin na hindi ako karapat-dapat manatili sa buhay mo, na ganoon lang din ako kadaling iwan at saktan at napakasakit din non, Randall," pigil ang luhang tugon ko. **"Ang dating sa'kin ng mga sinasabi mo ngayon ay panghuhuli, pakiramdam ko ay ginagawa mo lang iyon dahil sa kagustuhan mong malaman kung hanggang saan ang nararamdaman at kaya kong gawin para sa'yo."** inis na tugon ko. **"Hindi lahat ng tao ay sasang-ayon sa gusto mong mangyari, Randall, may sarili akong isip at may sarili akong desisyon. Kung ganiyan ang naramdaman mo ro'n sa ginawa ko ay hindi ko na kasalanan iyon."**

"Please 'wag kang magalit sa'kin, Pein, gusto ko lang ng ekplanasyon dito."

"Nakakainis lang na ako pa 'yung dapat na mag-explain, hindi ba't dapat ay ikaw ang nag-e-explain sa'kin? Ilang beses ko bang sasabihin sa'yong nangyari ito hindi dahil ginusto ko--kundi ginusto mo? Ang gulo-gulo mo, Randall, please, 'wag mo akong bibigyan ng sagot na magpapalabas na parang ikaw pa ang naagrabyado? Damn it, nakakabadtrip ka na, alam mo ba 'yon?"

"Then stop making me feel that I'm not worth your explanation!" asik niya. **"Kaya ako ganito dahil ipinaparamdam mo sa'king hindi ako karapat-dapat sa mga ekplanasyon mo!"** aniya at napabuntong-hininga naman ako sa inis. **"Kung magpapaliwanag ba ako ay makiking ka? Malamang, hindi."** animong siguradong aniya. **"Nahihirapan din akong intindihin ka dahil pakiramdam ko ay hindi na ikaw 'yung Maxpein na kilala ko--hindi ganiyan iyong Maxpein Zin del Valle na minahal ko! Malayong malayo siya sa'yo!"**

'Naging ganito ako dahil nasaktan ako ng higit pa sa inaasahan ko.'

"Pakiramdam ko ngayon ay ang hirap hirap mong abutin, ang hirap mong kausapin! Para kang bato, Pein, at ang tigas tigas mo," nawawalan ng pag-asang aniya. **"Sa t'wing kakausapin kita, pakiramdam ko ay ang tanga tanga ko, ang bobo bobo ko! T'wing kaharap kita, pakiramdam ko ay kailangan kong maging matalino! Lahat na lang ng sinasabi ko sa'yo ay binabara mo! Parang napakahirap para sa'yong kausapin ako ng maayos, Pein, at doon ako nagagalit. Alam kong wala akong karapatang sabihin sa'yo 'to dahil ikaw na 'yan--ganiyan ka na ngayon. Pero ikaw lang ang makakasagot**

sa tanong ko, Pein. Hindi mo ako maintindihan? Ipapaintindi ko sa'yo ng paulit-ulit. Magtanong ka--sasagotin ko. Pero pakiusap, 'wag naman 'yung ganito," animong nagmamakaawang pakiusap niya pa. **"Hindi kasi ako sanay sa ganitong klase ng usapan lalo na at 'yung bagay na pinag-uusapan natin ay 'yung bagay na nakapanakit sa'yo at sa'kin. Sa atin."**

Hindi ako nakasagot at naramdaman ko ang mabilis na pangingilid ng mga luha ko kaya naman kinailangan ko lalong mag-iwas sa kaniya ng tingin. Sigurado akong hindi ko makakayang tingnan ang mukha niya dahil kapag nakita kong nasasaktan siya ay bibigay ako, bagay na pinakaiiwas-iwasan ko.

"Pein, please?" pagmamakaawa niya pa. **"Hindi ko hihilinging bumalik ka sa'kin pero pakiusap sagotin mo ang mga tanong ko at sabihin mo sa'kin kung ano ang mga naramdaman mo sa nakaraan natin? Gusto kong malaman ang lahat, Pein, gustong gusto ko,"** dagdag niya pa at pasimple ko namang pinunasan ang namuong luha sa mga mata ko at muling tumingin sa harapan ng sasakyan. **"Gusto kong makapag-usap lang tayo ng maayos at malinaw, sana ay kausapin mo uli ako gaya ng dati, 'yung hindi sarkastiko at hindi malamig ang personalidad, at hindi sumasagot ng pabalang. Please?"**

Bagaman nauunawaan ko na ang sinasabi niya at pabor ako r'on ay hindi ko pa rin magawang tingnan siya. Lalong bumilis ang tibok ng puso ko at pakiramdam ko ay matutunaw ako sa mga titig niya. Napalunok ako at nagsimulang tumingin sa kung saan saan.

"Pein?" muling tawag niya maya maya. **"Sabihin mo sa'kin kung ano ang nangyari sa'yo at kung ano ang naramdaman mo? Bakit hindi ka man lang nagtanong sa'kin kung ano ba ang nangyari? Bakit hindi ka man lang nagalit?"**

"Masakit kapag iyong taong sobrang minahal at pinahalagahan mo ay bigla kang iiwan ng walang dahilan," panimula ko habang nakatingin sa salamin ng kotse. **"Hindi ko alam kung saan ako nagkamali, kung anong pagkukulang ko? Kasi maayos tayo bago mo gawin 'yon. Nasaktan ako ng sobra sobra, ni hindi ko inakalang posible pala ang masaktan ng ganoon katindi,"** pilit ang ngiting dagdag ko. **"Inisip ko rin na ganon lang pala kadali para sa'yong hilingin ang palayain kita, binigyan mo ako ng dahilan para isiping balewala lang sa'yo 'yung tagal ng relasyon natin. Ayaw kong masira 'yung party mo kaya hindi ko na plinanong manggulo pa, pero napakasakit ng nararamdaman ko**

nung mismong oras na 'yon lalo na at nasa harapan ko mismo 'yung pamalit mo."

"Maxpein," usal niya, napakasarap sa pandinig ko ang sambitin niya ang pangalan ko. Kung ako ang masusunod ay gustong gusto ko nang hawakan ang mga pisngi niya ngayon. Hindi ko na napigilan ang pangingilid ng mga luha ko.

"Mas matatanggap ko pa kung sasabihin mo sa'kin na na-in love ka kay Dein, dahil hindi naman ako ganon ka-immature para hindi maintindihan 'yon--maaaring magiging masakit pero mas masakit kasi 'yung ginawa mo. Maaaring magalit ako sa umpisa--normal naman iyon sa tingin ko--pero nasisiguro kong sa huli ay matututunan ko rin iyong tanggapin at maintindihan. Kaysa 'yung ganitong hiniling mong palayain kita at babalik ka para umastang parang ako pa 'yung nagkamali dahil pinagbigyan kita? Sa tingin ko ay kailangan mo nga talagang maging matalino kapag ako ang kausap mo dahil 'yung mga sinasabi mo ay masiyadong nakakabobo."

"I'm sorry," sinserong anas niya at ramdam na ramdam ko iyon. Sa puso't isip ko ay hinihiling kong ang paghingi niya ng tawad ay may kasunod na pagmamakaawang balikan ko siya pero nabigo ako. **"Hindi ko kasi alam kung anong sasabihin ko, gusto kong malaman iyong side mo. Hindi na tayo nagkita pa kaya nawalan na rin tayo ng pagkakataong makapag-usap matapos nung gabing 'yon. Ilang taon din na naglaro ang mga tanong na 'yan sa isip ko."**

"Common sense, Randall, *common sense*," tugon ko at alam kong nakakainsulto ang dating niyon sa kaniya. **"Iniwan mo ako at natural lang na masaktan ako."**

"Pero bakit hindi ka nagalit?"

"Kaya nga ganito ako sa'yo ay dahil galit ako."

"Ganiyan ka na ba magalit ngayon? Pein, kilala kita, hindi ka ganiyan magalit."

"Kung aawayin at gagantihan ko kayo ni Dein, Randall, pare-pareho lang tayong masasaktan at mahihirapan. Ipapahiya ko lang din ang sarili ko kung gagawin ko 'yon. Ilang beses ko ng sinabi 'yan sa'yo, Randall, pakiusap, tigilan mo na ang pagpapaulit-ulit sa'kin dahil nauubos na ang pasensiya ko."

"I'm sorry."

"Hindi mo alam kung gaano kong hinihiling ngayon na sana... bawat paumanhin mo ay nakakabawas sa nararamdaman ko," emosyonal na tugon ko at napamaang siya. **"Mahal kita, mahal na mahal.."** dagdag ko na ikinagulat niya, pakiramdam ko ay nagtindigan ang lahat ng mga balahibo ko nang dahil sa paraan ng pagkakatitig niya sa'kin. **"At dahil mahal kita, wala akong magawa kung hindi ang ipaubaya at palayain ka dahil alam kong ayaw mo na. Hindi mo ako iiwan kung gusto mo pang lumaban. 'Wag mong isisi sa personalidad ko ang nangyari sa'tin. Hindi ko ugaling ipagpilitan ang sarili ko sa taong hindi ako gusto lalo pa at sinaktan mo na ako--ayaw ko ng saktan pa ang sarili ko."**

"Pero ang kadalasang reaksiyon ng mga babae ay--"

"Hindi lahat ay ganon," inis na pigil ko sa kaniya. **"Alam kong sa dami ng babaeng pinagdaanan mo ay nagawa mo ng masaulo ang iba't ibang uri ng personalidad nila, pero hindi ako ganon."**

"Iba ka sa kanila!" asik niya. **"Hindi kita kailanman ikinumpara sa mga babaeng 'yon dahil ibang iba ka sa kanila, Maxpein, kaya 'wag mong sabihin 'yan."**

"Hindi lahat ng babae ay gaya ng iniisip mo, hindi lahat ng babae ay maghahabol sa'yo. Iba nga ako, tama ka, kaya iba rin ang ugali ko. 'Wag mo ng ipilit iyang mga paniniwala mo dahil hindi 'yan uubra sa pagkatao ko. Heto na ako, Randall, at ganito na ako ngayon. 'Wag mo akong baguhin nang dahil lang sa iyon ang alam mong normal at common sa mga babae."

"Bakit ganito ang trato mo sa'kin? Bakit kailangang maging malamig ang pakikitungo mo sa'kin? Hanggang ngayon ay nararamdaman kong may galit ka pa rin sa'kin, hindi ba dapat ay nakamove on ka na?" pakiramdam ko ay iniiba niya na ang usapan.

Bumuntong-hininga ako. **"Sa paniniwala mo, iyon ang *dapat,*"** deretsong tugon ko at natigilan siya. **"Hindi ganon 'yon sa paniniwala ko. Mahirap kalimutan ang taong binigyan ka ng napakaraming alaala, Randall, hindi ko minamadali ang sarili ko dahil alam kong darating ang panahon na mawawala rin itong nararamdaman ko."**

Napamaang siya. **"Sinasabi mo bang *mahal* mo pa rin ako?"** hindi makapaniwalang tanong niya pero hindi agad ako sumagot.

Nag-isip pa muna ako bago magsalita. **"Maaaring oo, maaaring hindi. Alam kong may nararamdaman pa ako pero hindi na gaya ng dati.**

Malayong malayo na sa dati," pangungumbinsi ko at nadinig ko naman ang pagbuntong-hininga niya.

'Sana nga ay nanghihinayang ka, mababawasan ang sakit na nararamdaman ko kung iyon ang nararamdaman mo, Randall. Bakit patuloy mo pa rin akong sinasaktan ngayon? Bakit ka ganiyan?'

"Hindi mo ba ako tatanongin kung bakit ko ginawa 'yon? Kung bakit ganon ang naging desisyon ko?"

"'Wag mo na akong tanongin, sabihin mo na lang."

"Gusto mo bang malaman?" seryosong tanong niya at nang lingunin ko siya ay nakita ko ang pag-aalala sa mukha niya, bahagya kong ipinagtaka iyon bago pa ako makatango.

"Sabihin mo, makikinig ako."

"Hirap na hirap na rin ako sa sitwasyon natin n'on," panimula niya at ikinagulat ko ang mabilis na pangingilid ng mga luha niya. **"Wala na akong makitang paraan para maipagtanggol kita. Hindi ka tanggap ng pamilya ko at masakit para sa'kin 'yon."**

"Kung nahihirapan ka sa sitwasyong 'yon, sana ay naisip mo rin na mas nahihirapan ko."

"Pein, pamilya natin pareho ay hadlang sa relasyon natin."

"Kaya isinaalang-alang mo ang mararamdaman ko?" tanong ko at doon ko na hindi napigilan ang mga luhang kumawala sa mga mata ko. Agad akong naglihis ng tingin at pinahid iyon.

"Dahil iyon lang ang paraan na naisip ko para magkahiwalay tayo ng alam kong ikagagalit mo," aniya at natigilan naman agad ako.

Dahan dahan akong tumingin sa kaniya habang bahagya pang nakaawang ang bibig ko. Gaya ko ay lumuluha na rin siya at masakit para sa'kin ang makita iyon pero mas gusto kong malaman ang katotohanan.

"Anong ibig mong sabihin?" tanong ko.

"Kinausap ako ni Mommy at sinabi niya sa'king aalisin daw ng mga Moon ang mga properties at stocks ng mga Echavez sa SIS kung hindi kita iiwan, bibilhin nila ang mga iyon at tatanggalan nila kami ng karapatan sa mga bagay na pag-aari namin," panimula niya at doon kusang huminto ang mga luha ko. **"Napakalakas ng mga Moon, hindi ko maitatanggi iyon. At alam mo kung gaano kaimportante ang SIS sa'min--sa pamilya ko. Alam ko kung paano puwedeng bumagsak ang buhay namin kapag ginawa 'yon ni Maze sa pamilya ko. Marami kaming ari-arian pero mas mapera at makapangyarihan ang mga**

Moon at alam kong kayang kaya nilang gawin ang lahat ng sinabi nila sa'min."

"Bakit hindi mo sinabi sa'kin?"

"Dahil alam kong wala ka rin namang magagawa, Pein, alam mong hindi lingid sa kaalaman ko kung ano ang meron sa inyo ni Maze at kung paano ang *turingan* ninyo sa isa't isa. 'Wag mo naman sanang masamain pero alam kong wala kang magagawa, si Maze mismo ay ayaw sa'yo para sa'kin, si Maze mismo ay hadlang sa'tin."

"Ganoon ba ako kahina sa isip mo? Sa tingin mo ba ay hindi ako marunong mag-isip ng paraan? God..." bulong ko pa habang kunyaring natatawa. Hindi ko na naman maintindihan ang mga dahilan niya bagaman napakalinaw ng mga iyon. **"Hindi ko akalaing may mga ganiyang klaseng dahilan pala? Wala pa rin ba akong karapatang malaman 'yan?"**

"Dahil nga alam kong wala na tayong ibang lusot do'n. Pein, it's between you and my family. Nakasalalay ang desisyon ko sa'yo at sa pamilya ko."

"Kaya nang dahil sa pananakot ni Maze ay nagawa mo akong isuko?"

"Hindi rin naging madali para sa'kin 'yun, masakit din 'yon para sa'kin. Hindi ko alam kung ano ang gagawin ko nung mga oras na 'yon. Ang ipagpilitan ang relasiyon natin kahit na kuhanin ni Maze lahat ng ari-arian namin?"

"Hindi lang SIS ang pinagkakakitaan niyo."

"Hindi ako ganon kaselfish, Pein," malumanay na aniya at nag-iwas na ako ng tingin. Naiintindihan ko siya pero masakit para sa'kin ang mga dahilan niya. **"Kung iniisip kita, mas iniisip ko ang pamilya ko. Pinag-isipan kong maigi 'yan noon kaya alam ko ang dapat kong isagot sa'yo ngayon. Oo, naging makasarili pa rin ako dahil nagdesisyon ako para sa'tin ng *ako* lang. Nagdesisyon ako mag-isa nang hindi ka man lang sinasabihan o hinihingan ng opinyon. Pero hindi ko kayang saktan ang buong pamilya ko, hindi ko kayang isakripisyo ang pinaghirapan ng pamilya para lang sa sarili kong kaligayahan. Pamilya ko 'yun, Pein, at iisa ka lang."**

'Pero hindi pagiging makasarili sa'kin 'yon, pagbibigay ng halaga sa taong mahal ko--'yun ang maitatawag ko ro'n.'

Pakiramdam ko ay hindi sapat ang marinig ko lang ang mga sinabi niya dahil unti-unti iyong bumabaon sa dibdib ko. Naiintindihan ko ang bawat salitang binibitiwan niya pero hindi ko maiwasan ang masaktan. Masiyadong masakit ang katotohanan kahit pa madaling maintindihan. Kung ako man siguro ang nasa sitwasyon niya ay hindi rin ako papayag na ipagpalit ang pamilya ko para sa taong mahal ko pero hindi ako mag-iisip ng ganoon ka-estupidong paraan.

"Alam kong alam mo na mahal kita. Mahal na mahal kita, Maxpein," aniya nang hindi ako makapagsalita. **"Pero mahal ko rin ang pamilya ko at ihihingi ko 'yon ng tawad sa'yo kung 'yon ang makakapagpagaan sa kalooban mo. Patawarin mo ako kung hindi ko kaya na makita silang nahihirapan para sa pangsarili kong kagustuhan. Sorry kung hindi ko kayang makita silang naghihirap samantalang ako ay masaya kasama ka. Sorry kung mas pinili kong saktan ka, makita lang silang masaya."**

Napapikit na lang ako sa kawalan ng kakayahang maghurumintado sa galit. Hindi ako makapaniwala sa mga nalaman ko ngayon at gusto kong magwala nang dahil doon.

'Buong akala ko ay nakipaghiwalay ka sa'kin nang dahil kay Dein--bukod kay Dein ay wala ng iba, bakit kailangang malaman ko ang mga ito ngayon. Naguguluhan ako. Bakit ngayon lang?'

"Bakit kailangang madamay ni Dein?" tanong ko at natigilan siya. **"Kung ganiyan ang dahilan mo, bakit kailangan mo pang manggamit ng ibang tao?"**

"Iyon ang mali ko," malungkot na tugon niya. **"Iyon ang mali ko dahil ginamit ko si Dein para saktan ka at hindi na muling bumalik sa piling ko."**

"That is bullshit, Randall," natatawa kunyaring anas ko.

"Alam ko, at wala na akong magawa dahil nangyari na."

"Alam mo bang mas maiintindihan ko kung sinabi mo sa'kin ang tunay mong dahilan? Hindi mo kailangang gamitin si Dein para lang saktan ako, dalawang tao ang sinaktan mo, Randall," tugon ko, ngunit ako rin ang napaisip sa huli.

'Hindi mahirap mahalin ang isang gaya ni Dein, Maxpein, maaaring mas mahal niya na si Dein ngayon kaysa sa pagmamahal na ibinigay niya sa'yo noon. Hindi rin siya tatagal kay Dein kung hindi niya ito minahal.'

"Tama ka," aniya muli at nilingon ko naman siya. **"Natutunan ko lang siyang mahalin dahil siya ang nandoon nung mga oras na hirap na hirap ako. Napakamakasarili ko lang talaga na sa kagustuhan kong makalimutan ka--isinaalang-alang ko ang nararamdaman niya,"** malungkot na aniya at nag-iwas na ako ng tingin. **"At ang nararamdaman ng isa pang tao na malapit din sa puso ko,"** dagdag niya at doon ako natigilan.

Muli akong napalingon sa kaniya. **"Anong ibig mong sabihin?"**

"Si Dein ang taong mahal ng bestfriend ko," pilit ang ngiting tugon niya at napamaang ako.

'Si Maxwell ang bestfriend niya.'

"You're unbelievable," mahinang sambit ko. Nasisiguro kong si Maxwell ang tinutukoy niya. **"Sinasabi mo bang si Maxwell ay may gusto kay Dein?"** hindi makapaniwalang tanong ko at marahan naman siyang tumango. **"Nice.."** natatawa na lang kunyaring bulong ko.

"Everything was planned, Pein," pilit ang ngiting aniya tsaka tinanaw ang madilim na kalsada. **"I planned everything. *Everything*."** bulong niya pa. **"Alam kong may gusto si Dein kay Maxwell pero alam ko rin na ako ang gusto niya, wala siyang ibang ginawa kung hindi ang magpacute sa'kin sa t'wing nakaduty kami pareho sa ospital. Hindi nagkaroon ng tiyansa si Maxwell na makilala siya dahil magkaiba sila ng schedule ng duty sa BIS, parati pang nakikipagpalit si Maxwell--hindi lang siya pinapayagan, alphabetically arranged ang schedule namin--"**

"Hindi ako interesado, 'wag ka ng magkwento," pigil ko sa kaniya habang nasa malayo ang tingin. Napakamanhid niya para magkwento pa gayong nasasaktan ako hanggang ngayon.

"Sorry," napapahiyang aniya. **"Kailangan kong isuko ang lahat dahil pinuntirya ako ni Maze sa mismong kahinaan ko at iyon ang pamilya ko. Ang totoo, pinili ko rin si Dein dahil alam kong magiging dahilan din siya para magalit sa'kin si Maxwell, alam kong magagalit siya ng todo sa'kin at lalayo. Kilala ko si Maxwell, kapag gusto niya ang isang tao ay gusto niya talaga--kapag mahal niya ay mahal niya talaga. Parang ikaw,"** aniya na nagbigay pa ng isang matamis na ngiti nang lingunin ko siya. **"Pero pareho rin kayong kapag nasaktan--*lahat* ay kayang kalimutan,"** doon tumulo ang ilang patak ng luha mula sa mga mata niya dahilan upang mangilid ang mga luha sa mga mata ko. **"Hindi**

rin naging madali lahat ng ginawa ko, Pein, sana maintindihan mo. Halos mabaliw ako no'n kaiisip ng paraan para hindi kita masaktan ng todo pero wala, eh, wala akong nakitang paraan. At iyon lang ang nagawa ko para kamuhian mo ako at hindi mo maramdaman ang sakit na naramdaman ko."

'Damn it.'

Hindi ako nakapagsalita. Agad kong iniiwas ang paningin ko at tumingin sa labas ng bintana. Nararamdaman ko na rin ang nagbabadyang pagtulo ng mga luha ko at hindi ko kayang makita ang sakit sa kabuuan ng mukha niya. Bawat salitang binibitiwan niya ay tumutusok sa katauhan ko.

Nararamdaman ko ang galit. Pinahihirapan ako ng sakit. Para akong pinaglalaruan ng mundo.

'Sa murang edad ko, hindi ko akalaing posible akong makaramdam at makaranas ng ganito, requirement ba ito para mabuhay ako? Bakit?'

"Sorry kung hindi ko sinabi sa'yo," aniya pa ngunit hindi na ako lumingon.

Nangibabaw ang awa sa dibdib ko para sa kaniya. Buong akala ko ay wala siyang ginawa kung hindi ang *lokohin* ako. Hindi kailanman nawala sa isip ko ang paniniwalang *isa siyang manloloko*.

"Sorry, Pein, hindi ko kayang makitang nahihirapan at nasasaktan kang tulad ko. Sorry kung mas pinili kong saktan ka sa paraang alam ko at hindi sa paraang dapat. I'm so sorry," tuloy tuloy pang aniya.

Nilingon ko siya at matamang pinagmasdan ang mukha niya dahilan upang tingalain niya rin ako. Alam kong nakikita niya sa mga mata ko ang awa na nararamdaman ko para sa kaniya. Batid ko ring nararamdaman niya ang sakit na pilit kong itinatago sa kaniya.

"I'm sorry." Mahinang sambit ko.

Naglaan ako ng lakas ng loob upang mahawakan ang pisngi niya at doon nagsimulang tumulo ang luha sa mga mata ko. Muli kong naramdaman ang masarap na pakiramdam sa t'wing hahawakan ko ang malambot niyang pisngi. Ang mga pisngi niyang hindi ko kayang makitang may patak ng luha noon ngunit naging daluyan ng mga luha ngayon.

"I'm sorry for making you feel alone," gumagaralgal ang boses na sambit ko. **"You should've told me."**

Hindi siya sumagot, hinawakan niya ang kamay ko at hinila ako payakap sa kaniya.

Napakasarap ng pakiramdam.

Parang batang umiyak siya sa balikat ko at ngayon ay hindi ko na alam ang mga bagay na dapat kong sabihin para mapatahan siya. Ngayon ay hindi ko na alam ang mga dapat kong gawin para mawala ang sakit na nararamdaman niya. Dahil ang alam ko lang ay pareho kaming nasasaktan at hindi namin magawan iyon ng paraan para mawala ang sakit. Pakiramdam ko ay pareho kaming pinaglaruan, pareho kaming pinaikot at ang sakit sakit niyon.

DEIB'S POV

'Nakakayamot! Bakit kasi kailangang doon pa sumabay kung puwede namang dito na lang? Kung ayaw niya akong katabi ay puwede rin namang ako na lang ang magdrive. Paggitnaan nila si Mommy kung ayaw niyang makatabi si Noona!'

Hanggang ngayon ay naiinis ako dahil mas pinili ni Taguro ang sumabay kay Randall, hindi ko maiwasan ang magalit.

'Tutal ay sanay na sanay naman siyang walang kibo, eh, di manahimik na lang siya sa isang tabi hanggang sa makauwi kami! Tsk! TAGURO! Ang tanga tanga mo talaga kahit kailan! Linoko ka na nga ng taong 'yan ay siya pa rin ang pinili mong makasama! Peste!'

"Hindi ko alam na close pala sina Randall at Maxi?" maya maya'y tanong ni Daddy, sinulyapan niya ako mula sa rear mirror. Tiningnan ko naman muna si Noona pero salubong ang mga kilay niya.

"Dating estudyante ng SIS si Max, Dad," tugon ko.

"I see, pero College si Randall at high school si Maxi? Naging close pa rin sila?"

"Bestfriend ni Randall ang Kuya niya, pareho rin silang naglalaro ng biliards," sabad ni Noona, para akong nakahinga ng maluwang nang dahil doon.

"Oh? Madalang sa babae ang naglalaro ng bilyar, that's cool."

"Varsity namin siya, Dad," sabad ko.

"Really? That's nice, dalawa na pala kayong panonoorin namin ng Mommy mo sa sportsfest kung ganoon."

"Bakit kailangang pati siya ay panoorin ninyo?" asik ko.

"Dahil kilala rin naman namin siya, at saka, ngayon lang namin siya mapapanood. Wala namang masama roon, anak."

"'Wag niyo na siyang panoorin dahil wala naman siyang kuwentang tao."

"Don't say that, Deib Lohr," saway niya sa'kin at napanguso naman ako. **"Saan mo nakukuha ang ganiyang mga salita? Tsk tsk."**

"Bad!" tudyo sa'kin ni Mommy. **"Sana maging MVP ka uli, baby! Hihihihi!"**

"Tch! Of course, Mom, 'yun talaga ang goal ko. Nabuhay ang isang Deib Lohr Enrile para maging MVO, Mommy. Hehehe!"

"Don't get me wrong, baby, pero sino na lang ang inspiration mo ngayon niyan?" malungkot na tanong ni Mommy. **"Wala na si Kim."**

"Why do you always have to open it up, Mom?" inis na tanong ko.

"Omo! Sorry, baby, naisip ko lang, hihihi! Peace!"

"Hindi nabanggit ng Chairman ang tungkol sa gusto mong kurso sa kolehiyo, Deib Lohr, may naisip ka na ba ngayon?" seryosong tanong ni Daddy. **"What do you want to take up?"**

Natigilan ako at napalunok. *'Hindi ko puwedeng sabihin ngayon na Engineering ang gusto ko dahil nandito pa si Chairman, kapag nakarating sa kaniya ay baka hindi na niya ako patungtungin ng College at ipatapon na lang ako sa ibang bansa.'*

"Hindi pa po ako nakakapag-isip, Dad," pagsisinungaling ko.

"Ha? Eh, anong petsa na, ah?"

"Sweetheart naman, huwag mong i-pressure ang baby natin, besides, next year pa naman ang graduation," paglalambing sa kaniya ni Mommy upang 'wag itong magalit sa'kin.

"Lacey, hindi puwede ang ganiyan ng ganiyan lalo na at nandito si Chairman ngayon. Ano na lamang ang isasagot niya kapag ito mismo ang magtanong sa kaniya? Hindi natin puwedeng pagtakpan parati ang anak nating iyan," may bahid ng pangangaral sa tono niya. **"Son, as soon as possible ay kailangan mo nang makapagdesisyon. Para habang maaga ay makapaghanda ka na, hindi ganoon kadali mag-adjust kapag nasa kolehiyo ka na."**

"Yes, Dad," napapahiyang tugon ko.

"I've been telling you about this matagal na pero matigas ang ulo mo, Deib, bahala ka sa buhay mo ngayon," mataray na sabad ni Noona. **"Alam kong naprepressure ka pero sana maintindihan mong para rin sa'yo ito. Hindi para kahit na kanino kung hindi para sa'yo lang."**

"Baby, 'di ba sinabi ko naman sa'yo na sabihin mo lang kung ano ang course na gusto mo?" tanong ni Mom.

"Alam ko naman kasing Medicine ang gusto ni Chairman para sa'kin," nakangusong tugon ko.

"Nagtake ka ng proficiency exam, 'di ba?" mataray pa ring tanong ni Noona at nakanguso naman akong tumango. **"Wala pa rin ba ang resulta?"**umiling ako. **"Kapag lumabas ang results, kung saan ka mataas ay iyon ang isagot mo kay Chairman. Kapag kinuwestiyon ka kung bakit iyon ang course na kukuhanin mo, sabihin mong doon ka kasi mataas. At least sa paraang 'yon ay hindi ka magsisinungaling sa kaniya at masasabi mo ang totoo. Sa tingin ko naman ay alam ko kung saang linya ka mataas sa exam na 'yon."**

Bagaman mataray ang paraan ng pakikipag-usap niya ay hindi ko naiwasan ang mangiti.

"Ang tali-talino mo, Noona! Bukod sa maganda ka ay matalino ka. Totoo!" papuri ko pa. **"Sige, hehehe! Iyan mismo ang sasabihin ko kay Chairman!"**

"Psh! Siguraduhin mo munang may naipasa ka sa mga courses na covered doon sa exam!"

"Ibig mong sabihin ay puwede pa rin akong bumagsak sa lahat?"

"Oo naman. At kung may naipasa ka naman at hindi mo gusto, puwede mo pa ring kunin anumang kursong gusto mo. Nag-aral ka naman, 'di ba? Wala kang dapat na ipag-alala," aniya pero hindi ko talaga maiwasan. Muling pumasok sa isip ko si Taguro nung mga oras na tinuruan niya ako.

'Tama siya, lahat ng 'yun ay alam ko na kaya hindi ako dapat matakot. Walang nakasulat doon na hindi ko alam at ang gagawin ko na lang ay mag-isip. Tama, Deib, hindi ka dapat kabahan. Tama si Taguro at tama ka. Oo, lahat ay tama! Hehehe!'

"Oo naman!" mayabang na sagot ko. **"Nag-aral ako."**

"Eh, di 'wag kang umasta na parang natatakot ka na naman."

"Tch! Sinong natatakot?" nakangusong tanong ko pero siniringan niya na lang ako.

"Don't worry, baby, kahit na anong mangyari ay nandito lang kami ng Daddy mo at susuportahan ka namin," ani Mommy kaya napangiti ako.

"I know, Mom, thanks." tugon ko tsaka ngumisi. **"Mukhang mananatili kayo ng matagal ngayon dito, ah?"** baling ko kay Dad.

"Mm, walang eksaktong petsa ang alis namin. Baka biglaan na naman gaya nung huli pero pagbalik naman namin ay magtatagal na kami rito," si Mommy ang sumagot, hindi ko naitago ang tuwa ko. Napahawak pa ako sa kinauupuan niya at ngumiti roon ng todo. **"May balak ang Chairman na magtayo ng isang maliit na clinic para sa Ate mo at doon ay mamimigay tayo ng libreng gamot. Kami ng Daddy mo, siyempre, ang mamahala noon."**

"At kapag nangyari 'yon ay mananatili na talaga kami rito," sabad ni Dad kaya lalo akong natuwa.

'Ngayon ay ayos na sa'kin kahit umalis sila bukas, hahaha! Alam ko namang pagbalik nila ay dito na sila, hehehe! For good! Yeah!'

Nasa kalagitnaan na kami ng byahe nang mapansin kong wala na ang sasakyan ni Randall sa likuran namin, gulat akong napatitig sa daan pero wala talaga dahil kung meron man ay paniguradong may ilaw roon pero wala.

'Nasaan sila?'

"Mom?" tawag ko. **"Sila Randall at Taguro ay nawala sa likuran natin--nasaan na sila?"** gulat na tanong ko, tulad ko ay dumungaw rin sa likuran si Noona at nagulat din ito, maaaring hindi rin napansing wala na ang mga iyon.

"Hindi ko na napansin, eh," ani Dad na tumingin sa rear mirror. **"Nag-uusap usap kasi tayo,"**

"Dad, please stop the car," pakiusap ni Noona at agad na sumunod si Daddy, ngunit pare-pareho kaming nagulat nang lumabas bigla si Noona mula sa kotse.

"Dein Leigh, hija, gabi na! Pumasok ka na rito," pakiusap ni Mommy sa kaniya ngunit hindi ito natinag.

Ikinabigla pa namin ang biglaang pagtawid ni Noona papunta sa kabilang kalsada at doon tinanaw ang daan na pinagmulan namin. Dali dali akong lumabas upang humabol sa kaniya. Nagdadial na siya sa cellphone niya nang makalapit ako.

"Come on, Randall, answer the damn phone!" dinig ko pang singhal niya habang pinapakinggan ang linya.

"Noona..." tawag ko sa kaniya ngunit hindi man lang ako nagawang lingunin nito at nag-ulit lang ng pagdial sa cellphone niya. **"Bumalik na tayo, malamig na."**

"Please answer the phone, please, please, please..." mahinang sabi niya pa rin tsaka muling nagdial doon. **"Answer the phone, please!"**

"Noona, bumalik na tayo sa kotse, puwede mo siyang tawagan habang nasa loob tayo. Madilim dito."

"What the hell happened to them?" nag-aalalang bulalas niya habang nasa cellphone pa rin ang atensiyon. **"Bakit ba kasi hindi man lang magtext kung nasaan na sila! Baka nasiraan sila, damn it!"**

"Deib Lohr! Dein Leigh! Get back here!" dinig naming sigaw ni Dad, mahihimigan ang galit sa tono nito.

"Dein, hija, it's late already, we'll call him later!" sigaw rin ni Mom.

"Get in the car, Deib," makapangyarihang utos sa'kin ni Noona. **"Please answer the phone, honey."**

"Noona, hindi tayo safe rito, tara na sa kotse," pakiusap ko pero hindi siya natinag. **"Noona!"** inis nang sigaw ko.

"Ano ba?"

"Sinabi nang hindi safe rito, hindi mo ba naiintindihan 'yon? Nakita mo nang walang tao rito, oh! Sa kotse natin siya kontakin! Mas pinili mo pa talagang pag-alalahin ang magulang mo matawagan mo lang iyang manlolokong Randall na 'yan--"

~PAAAK!~

Natigil ang pananalita ko nang maramdaman ko ang malakas niyang sampal. Malamang ay hindi ko inaasahang gagawin niya 'yon sa'kin at iyon ang magiging sagot niya sa sinasabi ko.

"Dein Leigh! Deib Lohr!" dinig kong sigaw ni Daddy pero hindi ko siya nagawang lingunin.

Hindi ako nakakilos agad at nararamdaman ko pa rin ang kamay ni Noona sa mukha ko. Naramdaman ko ang pagbukas at pagsara ng pinto ng sasakyan at ultimong ang paglapit ni Dad.

"Dein Leigh! Ano ba ang nangyayari?" bulalas ni Dad nang tuluyang makalapit. **"Bakit mo sinampal ang kapatid mo?"** asik niya.

Hindi agad nakasagot si Noona, halatang nagulat din siya sa ginawa niya kaya ang mga titig niya sa'kin ay humihingi nang paumanhin. Hindi ko pa rin magawang alisin sa kaniya ang tingin ko.

"I'm sorry, Deib," anas ni Noona pero hindi ko na hinayaang magsalita pa uli siya, tinalikuran ko siya at saka ako inis na naglakad pabalik sa sasakyan.

"What happened, baby?" nag-aalalang bungad ni Mommy pero hindi na ako sumagot. **"Are you okay? Let me see?"** aniya na hinaplos pa ang mukha ko pero umilag ako.

Nakaramdam ako ng matinding inis, hindi ko inaasahan na magagawa niya akong sampalin sa kabila ng pag-aalala ko sa kaniya.

"Deib, I'm sorry," ani Noona nang makabalik sila ng sasakyan pero hindi ko na siya sinagot pa.

'Tch, dahil kay Randall ay kung anu-anong nagagawa niya. Mukhang tanga.'

Tahimik na naming binaybay ang daan hanggang sa makauwi kami. Pagkarating sa bahay ay hindi na ako nakipag-usap pa sa kanila at walang paalam na dumeretso na lang ako sa kuwarto. Sandaling namahinga at saka nagshower.

'Kailangan niya ba akong sampalin dahil sa sinabi ko? Totoo namang manloloko 'yun at babaero! Talagang lamang si Randall sa'kin? Nag-aalala rin naman ako, ah? Anong akala niya sa'kin?'

Agad akong nahiga sa kama ko matapos magbihis at doon nagmuni-muni.

'Tch! Saan ba kasi nagpunta ang dalawang 'yon?'

"Puwede niya naman akong sigawan na lang kaysa 'yung may pasampal sampal pa siyang nalalaman. Tch! Nakakainis! Ang sakit nun, ah!" asik ko ngunit natinag ako sa dalawang magkasunod na katok sa pinto ko. Ngumuso ako at tinanaw iyon. **"Pasok!"**

"Deib..." naiilang na ani Noona pagkabukas niya ng pinto. Agad kong iniiwas ang tingin ko ngunit nakikita ko pa ring papalapit siya sa'kin. **"Deib, I'm sorry, nabigla ako. Hindi ko sinasadya, dongsaeng."**

'Dongsaeng mo mukha mo--sinasabi mo lang 'yan kapag may kailangan ka! Tch!'

Hindi ko siya sinagot at tumitig ako sa kung saan.

"Deib," malumanay niya pang tawag. **"I said, I'm sorry, nag-aalala lang naman kasi ako, eh. Nag-aalala ako kila Randall dahil hindi siya sumasagot sa tawag ko, sorry na, please? Hindi ko naman talaga sinasadya, eh, nabigla ako."** aniya ngunit hindi pa rin ako sumagot. **"Nakakainis naman kasi itong si Randall, eh! Bigla na lang silang nawala tapos ngayong tinatawagan ay hindi man lang sumagot! Sorry na, Deib, please?"**

'Andwae!'

"Oh, sige, s-sampalin mo rin ako, oh?" aniya na inilapit pa ang kaliwang pisngi niya sa mukha ko ngunit hindi ko 'yung tiningnan. **"Deib, kausapin mo naman ako, please? Sorry na talaga,"** ngunit hindi pa rin ako nagpatinag. Nadinig kong bumuntong-hininga siya. **"Sana ay 'wag magtagal 'yung galit mo sa'kin, sorry talaga, hindi ko sinasadya at nabigla lang ako. 'Wag kang magagalit ng matagal, ha? Babalik ako kapag okay ka na, Deib, I'm sorry. I love you,"**malambing pang aniya ngunit nagmatigas ako hanggang sa tumayo siya at maglakad papalabas ng kuwarto.

'Tch! Ang lakas nung sampal niya tapos sorry? Anong akala niya sa'kin? Babae? Ha! Kapatid niya ako! Badtrip!'

"Tch, hindi sinasadya? Nabigla? Eh, kung bigla ko ring tadyakan si Randall?" inis na bulong ko. **"Pesteng 'yon, isinama pa si Taguro? Wow!"**nakanguso pang dagdag ko habang masamang masama ang tingin sa pinto. Natinag na lang ako nang magvibrate ang cellphone ko, si Tob ang tumatawag. **"Tch, mangungulit na naman 'to, panigurado."** bulong ko pa tsaka pinindot ang *answer* key. **"Ano!?"**

"Hala! Galit pa rin? Mukhang sinabon ka ng todo, ah?" natatawang pang-aasar niya, inaasahan ko na 'yon kaya hindi na ako masiyadong nainis. **"Sshhk! Alam na!"**

"Ano na naman ba 'yon? Wala ako sa mood, okay?"

"Sinabon ka, 'no? Hahaha! Anong sabi sa'yo? I-kuwento mo, dre, pakikinggan kita, hahaha!"

"Hindi, ah! Ni hindi man lang nga ako hinilamusan, eh. Tch!"

"Oh? Eh, di maganda? Oh, bakit nagkakaganiyan ka? Hahahaha!"

"Dahil ang daming hindi inaasahang nangyari! Alam mo bang nandoon din sila Mokz? Paniguradong imbitado ni Chairman ang mga 'yon. Ang nakakainis pa r'on, nagkainitan sina Noona at Maxwell!" kuwento ko tsaka itinuloy ang buong nangyari kanina.

"Grabe, matatalino talaga ang mga del Valle, dre." namamanghang aniya nang marinig ang buong kuwento.

"Tch! Natutunan lang nila 'yun! Kung aaralin ko rin 'yun ay paniguradong matutunan ko rin lahat ng pinagsasasabi nila."

"Eh, bakit nagagalit ka? Hindi naman pala ikaw ang sinabon doon, hahaha!"

"Tch, si Randall, nandoon din."

"Oh? Kaya pala, *awkward*, dre!" pagdidiin niya pa. **"Randall versus Maxwell versus Dein, hanep! Love triangle! Sino pa?"** tanong niya at natigilan ako, sinadya kong hindi banggitin sa kaniya si Taguro dahil paniguradong mang-aasar siya kapag sinabi kong nagandahan ako kay Taguro kanina. **"Nandoon din si Maxrill na papogi, malamang? Hahaha! Lolo's boy, eh! Hahaha!"**

'Paniguradong si Taguro ang sunod na itatanong niya, nakakainis!'

"Oo," tipid na tugon ko.

"Eh, si Max?"

'Tsk! Kailangan ko tuloy i-kuwento sa kaniya lahat, napakadaldal pa naman nito. Siyempre, hindi mawawala ang pang-aasar niya, malamang!'

"Nandoon din," nakangiwing tugon ko tsaka umayos sa pagkakahiga ko, napapikit ako at agad kong nakita ang napakagandang imahen ni Taguro.

'Ang ganda niya. A-Anong maganda--hindi maganda! Hindi maganda! 'Yung damit niya ang maganda at hindi siya!'

"Talaga? Eh, di magkasama na naman pala kayo kanina? Naaaay! Anak ng putsa, dre, parang namanhikan lang, ah?"

"Anong namanhikan? Loko!" asik ko. **"Hindi ko nga alam na darating 'yung mga 'yun. Tch! Ang akala ko ay kami kami lang ng pamilya ko, dumating lang sila. 'Yung Mokz na 'yun ay walang ginawa kung hindi ang tumawa ng tumawa. Nakakainis!"**

"Naaaay! Kunyari pa 'to, eh! Pormalan ba ang datingan niyo kanina, dre?" tanong niya at ungol naman ang itinugon ko. **"Eh, di nakadress-to-kill si Taguro, dre? Naks!"**

"Mm," nag-aalinlangang tugon ko.

"Naaaay!" pang-aasar agad niya kaya napangiwi ako sa inis, napakalakas niyang mang-alaska. **"Sana nagpicture kayo ng magkasama, dre!"**

"Ulol! Bakit ko naman gagawin 'yon?"

"Hahaha! Para may titingnan ka sa gabi, siyempre!"

"Hoy! 'Wag mo nga akong inaasar ng ganiyan dahil wala ako sa mood! Hindi ako nagandahan sa suot niya, okay?" utal pang pagsisinungaling ko.

"Ah, talaga? Bakit naman? Hindi ba pasok sa panlasa ng bading na Deib Lohr? Hahaha!"

"Tch! Basta, h-hindi b-bagay sa kaniya. Ang ganda nung dress, ang pangit niya. Hahaha!"

"Hahahaha! Ang sama nito! Eh, bakit nauutal ka? Naaaay!" pang-aasar na naman niya at napangiwi na naman ako sa inis. **"Kapag nauutal ang Deib Lohr, tokis 'yan! 'Wag kang tokis, dre, nagandahan ka siguro kay Taguro, 'no?"** naghahamon pang aniya. **"Umamin ka sa'kin, ulol!"**

"Hindi nga!" inis na sigaw ko at saka huminga ng malalim. **"Nabadtrip yata sa'kin si Maxwell, dre,"** pag-iiba ko ng usapan at dahil tsismoso nga siya ay nabaling agad doon ang atensiyon niya kaya ang tungkol sa nangyari naman sa pagitan namin ni Maxwell ang ikinuwento ko sa kaniya. **"Magkapatid nga sila ni Taguro, pareho silang mayabang. Tch!"**

"Putsa, bawas pogi points 'yan sa mga del Valle, dre!"

"Wala akong pakialam, dre," tugon ko tsaka inis na bumuntong-hininga. **"Nilayasan ako ni Maxwell kaya naiwan niya ang pabidang si Taguro, 'ayun, walang kasama ang hambog pauwi."**

"Ah, talaga? Eh, di sana ay isinabay mo?"

"Iyon na nga ang nakakainis, eh! Hindi siya sumabay sa'min! Mas pinili niya pang sumabay r'on sa buwisit na ex-boyfriend niya kaysa sa'min! Ilang beses ko na siyang niyaya pero mas pinili niya pa rin sumama r'on! At ang mas nakakainis pa, sa kalagitnaan ng biyahe ay biglang nawala 'yung kotse ni Randall na kasunod lang namin!" galit talagang kuwento ko at mataman naman siyang nakinig hanggang sa maikuwento ko ultimong ang pananampal ni Noona sa'kin. **"Masakit 'yung sampal niya, eh! Tapos babanatan niya ng napakaraming sorry? Tch! Nag-alala rin naman ako lalo pa at nandoon si Taguro!"** wala sa sariling nasambit ko. **"Ang sa'kin lang naman, si Chairman ang nag-imbita sa kanila kaya kung meron mang puwedeng maghatid kay Taguro ay *ako*'yun! 'Di ba, dre? Kaso 'yong hambog na 'yon--pinilit ko na't lahat, sumabay pa rin kay Randall at ngayon ay hindi ko malaman kung nasaan ba sila! Pagkatapos nung ginawa sa kaniya ni Randall, sinabayan niya pa? Tanga ba siya? Oo, tanga siya!"**

"Grabe, dre, sa totoo lang, sa tingin ko ay may gusto ka na kay Taguro!" dere-deretsong aniya dahilan upang hindi ako magkaroon ng pagkakataong pumalag!

"Ulol!" gulat na angil ko. **"'Wag ka ngang magbiro ng ganiyan, hindi nakakatuwa!"**

"Hahaha. Bahala ka sa buhay mo, pero ikaw rin mismo ang nagbibigay ng dahilan sa'kin para mahalata kita, hahaha! Tuleg!" aniya at natigilan naman ako, nakangusong nag-isip pero hindi ko siya maintindihan. **"Sshhk, alam mo, dre, 'yung inis mo kay Taguro sa tingin ko ay hindi na dahil sa galit mo sa kaniya noon, eh. Sa tingin ko ay naiinis ka na sa kaniya ngayon dahil sa *selos*. Nagseselos ka na sa ginagawa niya sa ibang tao!"**

"Ano? Nasisira na ba ang ulo mo? Saan mo nakukuha 'yang mga sinasabi mo? Tch!"

"Dati rati ay wala kang pakialam kung ano ang gawin ni Taguro, eh, bakit ka naiinis ka ngayon dahil sumabay siya kay Randall?"

"Dahil nga tanga siya, ginago na siya nung taong 'yon--d'on pa siya sumama kung puwede namang sa'kin na lang!"

"'Kita mo na? Galit ka pa! Hahaha! Pagseselos na 'yan, dre, 'wag mong isisi sa katangahan nung tao! Psh! Kung noon nangyari ang sitwasyon niyo kanina, paniguradong ipagtatabuyan mo pa si Taguro na sumabay kay Randall, pero ang Deib ngayon? Tsk tsk. Wala na, dre, wala na! In love ka na, dre!"

Napanguso ako dahil hindi ko makuha ang sinasabi niya. **"Siraulo ka, eh, 'no? Gumagawa ka ng sarili mong istorya, ulol! Hindi na kami tulad noon ni Taguro, hindi na kami nag-aaway gaya ng dati kaya ako ganito sa kaniya. Anong in love ang sinasabi mo? Paano akong mai-in love sa itsura niya? Eh, kanina ko lang naman siya nakitang maganda!"**

"Naaaay!" mas malakas na tudyo niya at natigilan ako, pakiramdam ko ay lumaki ang mga butas ng ilong ko. **"Sinabi ko na nga ba, eh! Maganda si Taguro kanina, 'no? Huli ka!"**

"M-May sinabi ba akong ganon? Tch!"

"Kaya pala nakamove on ka agad kay Kim, dahil meron nang bago. Kasi nandiyan na si Taguro! Meron nang Maxpein na kahit hindi mo pa siguradong mahal mo ay naaagaw na ang atensiyon mo! Ang atensiyon mong noon ay na kay Kim lang! Bwahahahaha! Naaaay! Uuuy!"

"A-Anak ng, hoy, Hapon! Manahimik ka sabi, eh!"

"Alam mo kasi, dre, dalawa lang 'yan, eh!"

"Ulol! Tigilan mo na ako sa dala-dalawa mong 'yan, laos na sa'kin 'yan!"

"Pero aminin mo, epektibo, 'di ba? Hahaha! Kaya kong tatlohin 'yan, dre, depende sa mga bading na kilos mo, bwahahaha!" pang-aasar niya at wala akong ibang nagawa kung hindi ang mayamot. **"Sshhk, dalawa lang 'yan, eh. It's either nai-in love ka na kay Taguro o..."** pambibitin niya pa.

Kinabahan naman ako ng sobra. **"O ano?"**

"O nai-in love ka na kay Randall!"

"Ulol! Gago!" sigaw ko sa kaniya.

"Bwahahahahaha!" napakalas na tawa ang iginanti niya. **"Ano? Tatanggi ka pa, dre? Hahaha! Baka gusto mong ma-*haduken* kita ng malupit? Sa'kin ka pa nagsinungaling? Hahahaha! Umamin ka na lang, walang aaresto sa'yo rito!"**

"Wala nga! Wala akong gusto kay Taguro!"

"Sinabi ko naman sa'yo, dre, noon pa lang ay tigilan mo na, oh, anong napala mo? Nahulog ka!"

"Eh, bakit ba ang kulit mo? 'Wag mong ipilit at 'wag kang mas marunong sa'kin dahil hindi ako magkakagusto r'on kahit kailan!"

"Oh, come on, Deib Lohr Enrile, dalawa lang ang pagpipilian mo. Bumenta na 'yung unang sinabi ko sa'yo kaya alam kong mas bebenta 'to. Taguro o Randall? Hahaha!"

"Shut up! I'll see you tomorrow! Bye!" dere-deretsong tugon ko tsaka ibinaba ang linya. Gulat at kabado akong napatingin sa screen ng cellphone ko. **"Sira-ulong 'yon, ano ba ang sinasabi niya? Lasing ba siya?"** inosente pang tanong ko.

Agad kong pinalis ang mga napag-usapan namin sa isip ko, lalo na ang mga pang-aasar niya, at saka nakabaluktot na tumagilid ng pagkakahiga. Pilit kong ipinikit ang mga mata ko habang nakakunot ang noo ko at madiin ang pagkakayakap sa paborito kong unan.

'Wala akong iisipin na kahit na ano, matutulog na ako.'

Pero ilang minuto pa ang nakalipas ay nararamdaman ko pa rin ang paggalaw ng eyeballs ko.

'PESTE KA TALAGA, YANAI!'

"Peste! Peste!" mahinang sigaw ko. Inis akong bumalikwas papunta sa kabilang tagiliran ko, paharap sa veranda. **"Badtrip!"** naimulat ko ang mga mata ko at napatitig sa kisame. **"Imposible 'yung sinasabing 'yon ni Tob! Imposible naman talaga 'yun, 'di ba? Tch!"** pangungumbinsi ko pa sa sarili ko pero aminado akong kinakabahan ako ngayon.

'Kaya pala nakamove on ka agad kay Kim, dahil meron nang bago. Kasi nandiyan na si Taguro! Meron nang Maxpein na kahit hindi mo pa siguradong mahal mo ay naaagaw na ang atensiyon mo! Ang atensiyon mong noon ay na kay Kim lang! Bwahahahaha! Naaaay! Uuuy!' muling nagpaulit-ulit sa pandinig ko ang linyang iyan na sinabi ni Tob sa'kin! Inis akong napapikit at pahampas na tinakpan ng unan ang mukha ko.

"Argh! Badtrip ka, Yanai!" bulalas ko. Hindi ko tuloy maiwasan ang mag-isip dahil sa mga pang-aasar at sinabi niya.

'Bakit nga ba hindi na ako nasasaktan matapos nung sa'min ni Kim? Ibig kong sabihin, oo, walang kami at hindi naging kami pero may nararamdaman ako sa kaniya, 'di ba? Gusto ko siya at siguradong sigurado akong gusto ko siya! Pero b-bakit hindi na ako nasasaktan? Ganon ba kabilis dapat mawala 'yon?'

"Ah, malamang, dahil natakot ako kay Chairman kanina," mahinang sagot ko sa sarili kong naisip.

'Eh, ano ang kinalaman ni Chairman sa pinagdaanan niyo ni Kim?'

"Tch! Kinabahan ako dahil nalaman kong may dinner kami kasama ang Chairman, hindi na nawala 'yung kaba na 'yon hanggang ngayon. Kung walang dinner kasama siya, paniguradong magdamag akong nagmumukmok dahil sa nangyari sa'min ni Kim. Kasalanan ni Chairman, siya ang hindrance," pangungumbinsi ko pa sa sarili ko. **"Oo, Deib, tama."**

'Eh, nung mga nakaraan? Bakit hindi ka nagmukmok nung mga nakaraan?'

Sandali pa akong napaisip kung anong isasagot ko sa sarili ko. **"Eh, naging busy kasi ako, 'di ba?"**

'Tch! Naging busy kaiisip kung paano ka naihatid ni Taguro!'

Nanlaki ang mga mata ko at lalong bumilis ang tibok ng puso ko. **"Tch! Oh, sige, sabihin na nating ganoon nga pero hindi pa rin ibig sabihin no'n ay may gusto na ako sa kaniya, 'di ba? Tch! Abnormal siya at hindi ko gusto ang ugali niya, hindi siya maganda at ang baduy niyang pumorma--maliban kanina, siyempre. Kaya hindi ako magkakagusto sa kaniya! Imposible!"**

'Kaya pala hindi mawala sa isip mo 'yung hitsura niya mula pa kanina!'

"A-Anak ng.. kanina ka pa kontra ng kontra, ah!" inis na sigaw ko ngunit agad din akong natauhan. Napahawak ako sa ulo ko at ang laki laki

ng pagkakabuka ng mga mata ko. **"Putsa, nababaliw na yata ako!"** bahagya akong kinabahan sa sarili kong iniaasta. **"Badtrip!"**

Pilit ko pa ring pinalis ang mga isiping 'yon at nagtalukbong ng kumot tsaka pinilit matulog. Nakapikit ako at relaxed na ang buong katawan ko ngunit dinig na dinig ko ang tunog ng wall clock ko. Inis akong inalis ang kumot at kinuha ang cellphone ko.

'Alas-dos na? Tch! Nakauwi na kaya siya? Tsk! Paano ko ba kasi malalaman kung nakauwi na siya? Hindi ko puwedeng tanongin si Noona dahil ayaw ko siyang kausapin! Peste! Bakit kasi kailangang sumabay ka pa sa kaniya kung puwede namang sa'kin na lang, Taguro! Hindi naman porket isasabay kita ay gusto na kita! Puwede namang dahil gusto lang kitang isabay! Nakakabadtrip na, lahat na lang ay iba ang iniisip kapag ikaw ang binabanggit ko! Marurumi ang isip nila at mga wala silang taste!'

Ilang minuto pa akong nanatiling nakahiga pero hindi talaga ako makatulog, nag-isip isip ako pero panay ang kontra ng isip ko sa mga sinasabi ko. Kaya naman nagdesisyon akong bumaba para uminom ng gatas. Ngunit bago pa man ako tuluyang makababa ay natanaw ko na ang bukas na ilaw sa sala. Paniguradong gising pa si Noona.

'Hindi kaya hinihintay niya rin si Randall? Tsk! Ibig sabhin ay hindi pa talaga sila nakakauwi? Anong oras na, ah? Kanina ay alas-dos na nung tingnan ko ang cellphone ko, ilang minuto na ang nakakalipas mula n'on, anong oras na ngayon? Peste ka talaga, Taguro, wala ka bang balak umuwi? Kailan ka ba magigising sa katotohanang 'yang lalaking kasama mo ay siya mismong nanloko sa'yo? Pero sandali, puwede rin namang nag-aaral lang si Noona kaya gising pa siya. Tch.'

Wala akong nagawa kung hindi ang tumuloy na lang sa pagbaba dahil gusto ko ring kumpirmahain kung nakauwi na nga talaga si Randall. Nang makababa na ako ay nagpanggap akong walang pakialam kahit alam kong nandoon siya, batid kong nakatingin siya sa'kin nang dumaan ako pero hindi ako lumingon.

"Oh, Deib, bakit gising ka pa?" tanong niya, hindi ako sumagot. Dumeretso ako sa ref at nagsalin ng gatas sa baso. Naramdaman ko agad ang pagsunod niya sa'kin. **"Okay ka lang ba? Ngayon lang kita nakitang bumaba ng ganitong oras para uminom?"** muntik na akong mabilaukan dahil sa sinabi niya pero hindi ako nagpahalata, pilit kong inubos ang tubig na isinalin ko sa baso. **"Deib, kausapin mo na ako, please? Sana 'wag ka nang magalit sa'kin kasi wala akong masabihan ng feelings ko ngayon,**

eh, Deib?" ngumuso ako at saka tinalikuran siya at naglakad papunta sa unang baitang ng hagdan. **"Deib, please? Hindi ko na alam kung anong gagawin ko, eh, tulog na silang lahat--si Randall hindi pa rin tumatawag sa'kin, baka kako puwede mong macontact si Maxpein kung nakauwi na ba sila--"**

"Hindi pa rin talaga sila nakakauwi?!" wala sa sariling bulalas ko dahilan upang matigilan siya at mapamaang sa'kin. Ako rin mismo ay nagulat sa sinabi ko kaya naman umayos ako sa pagkakatayo at tumingin sa kaniya na animong wala akong sinabi. **"Mali ang dinig mo kung anomang narinig mo,"** taas-noong bulong ko.

"Hindi ko sigurado kung nakauwi na ba sila o hindi pa, hindi pa nagrereply si Randall sa mga texts ko, eh."

"Bakit kasi hindi mo tawagan?"

"H-Ha? E-Eh, baka kasi magalit siya sa'kin dahil siyempre, k-kasama niya si Maxpein, eh," nag-aalinlangan at may bahid ng hiya na aniya.

"Sus! Kahit pa magkasama sila--ikaw ang girlfriend niya!" asik ko na itinuro pa ang mukha niya. **"Sa inyong dalawa ni Taguro, ikaw ang mas may karapatan kay Randall--kaya sige, tawagan mo! Ako ang bahala!"**

"P-Pero kasi--"

"Walang pero pero! Tawagan mo!" mayabang na utos ko, ginagalit ako ni Taguro.

"A-Anong sasabihin ko?" nag-aalalang tanong niya at bahagya naman akong natigilan.

Palihim na nag-isip ngunit galit pa rin. **"Tanongin mo kung nasaan na sila, alas dos y medya na!"**

"Iyon nga rin ang ipinag-aalala ko, eh, late na, hindi pa rin sumasagot si Randall, nag-aalala na kasi ako, eh."

"Kaya nga tawagan mo na, hindi siya puwedeng magalit sa'yo dahil unang una ay girlfriend ka niya, natural lang sa'yo ang mag-aalala at magselos!"

"Eh, ikaw?"

Nabigla ako sa tanong niya. Nanlaki ang mga mata ko at napanganga sa harapan niya. **"A-Ako? Hindi! Bakit ako magseselos?"**

"No, wala akong binanggit na selos," aniya at naitikom ko naman ang bibig ko. **"I mean, nag-aalala ka ba kay Max?"**

"A-Ah," napapahiyang anas ko. **"Siyempre, hindi! Bakit ako mag-aalala sa kaniya? Anong pakialam ko r'on? Tch!"**

'Hindi niya nga naisip kung anong mararamdaman ko kapag sumabay siya kay Randall, eh, bakit ko siya iisip--WAAAAAA! Ano bang sinasabi ko? Damn it!'

Kinabahan ako sa sarili kong naisip.

"Akala ko kasi ay nag-aalala ka sa kaniya, eh, parang galit ka kasi..." malungkot pang aniya.

"Hindi ako galit, ah!"

"Nasa tono kasi ng pananalita mo," nakanguso pang aniya at natahimik naman ako sabay lunok. **"Kanina kasi ay hindi mo ako kinakausap, nung mabanggit kong hindi pa sila nakakauwi ay parang nagalit ka bigla kaya pinansin mo 'ko."**

"What!?" asik ko. **"Puwede ba? Gawin mo na lang ang sinasabi ko kaysa mainis pa 'ko lalo sa'yo,"** utos ko para maiba ang usapan.

"Okay," nakanguso pa ring aniya na 'kala mo ay takot na takot sa'kin, muli siyang nagdial sa cellphone niya at pinakinggan ang kabilang linya. Tinitigan ko naman siya at hinihintay na magreact.

'Mukhang walang balak sagotin, ah? Talagang sinolo niyo ang gabi, ah? Tsk tsk! Mga sira-ulo!'

"A-Ayaw niyang sagotin, Deib, eh," parang maiiyak nang ani Noona habang kinakagat pa ang kuko niya.

"Subukan mo pa ulit."

"Wala pa rin talaga, eh, hindi niya sinasagot," nawawalan na ng pag-asang aniya maya maya pa. **"Mahirap ba talaga para sa kaniyang tawagan o i-text man lang ako kapag si Maxpein ang kasama niya? Masiyado niyang ipinaparamdam sa'kin na lamang talaga siya sa'kin!"**

Sandali akong natigilan. **"'Wag mong sabihin 'yan. Tawagan mo pa--"**

"Totoo naman, eh!" singhal niya pero hindi nakatingin sa'kin. **"Sa loob ng dalawang taong relasyon namin ay hindi niya pa rin nakakalimutan 'yung mga magaganda nilang alaala--'yung mga pinagdaanan nila! 'Yung mga sinabi ni Maxpein sa kaniya ay tandang tanda niya pa--lahat ay saulong saulo niya pa!"**

"Noona, hindi niya talaga agad makakalimutan 'yon lalo na at matagal din ang pinagsamahan nila, isa pa, hindi mo dapat na kinukuwestiyon iyon. May mga lalaki na ayaw magkukuwento sa

kasalukuyang girlfriend nila tungkol sa ex-girlfriends nila pero ikaw, alam mo ang karamihan tungkol sa kanilang dalawa."

"Pero Deib? Sa paraang 'yon niya ipinaparamdam sa'kin na mas lamang sa'kin si Maxpein. Hindi ako gaya ng ibang babae na gustong gusto na makakarinig tungkol sa mga ex-girlfriends ng boyfriend nila, ayaw ko ng ganon! Minsan kahit hindi ko siya tinatanong, siya mismo ang kusang nagsasabi at nakakainis 'yung ganon! 'Yung magkasama kayo tapos kapag may isang bagay siyang nakita na makakapagpaalala sa kaniya sa babaeng 'yon--bigla siyang magkukuwento na kesyo nung sila pa ay ganito--ganiyan! Nakakainsulto!" bulalas niya.

"Noona..."

"T'wing magkasama kami ay may makita lang siyang isang bagay, parang nabubura ako sa eksena dahil si Maxpein 'yung naaalala niya--naiisip niya! Deib, kahit na sinong babae, maiinis at magagalit ng ganoon. Because the fact na *ako* ang ipinalit niya kay Maxpein, dapat ako ang nasa isip niya! But he's making feel that he's regretting choosing me!" halos pumiyok nang aniya at hindi naman ako nakasagot. **"Ilang beses ko ng sinabi sa kaniyang *hindi* ako nagseselos sa iba at kay Maxpein lang talaga, hindi ako magseselos kung hindi niya ako binibigyan ng dahilan para magselos. At ngayong bumalik na si Maxpein, feeling ko, balewala na ako. Feeling ko, hindi niya na ako kailangan."**

"Don't say that."

"Simula nung makabalik si Maxpein, parati na lang siyang tulala sa t'wing magkasama kami. Oo, ayos kami ngayon pero hindi niyo alam kung ano ang lagay ng relasiyon namin ngayon. Okay na kami dahil nakakapag-usap na kami pero 'yung relasiyon namin ay ganon pa rin. Parang parati siyang wala sa sarili at akala mo ang daming iniisip. Nagugulat nga siya kapag tinatawag ko siya, eh!" inis pang aniya. **"Pero ang tanga tanga ko kasi kahit na ganito siya sa'kin, hindi ko pa rin siya kayang mawala sa'kin. Ang tanga tanga ko dahil nagtitiis ako kahit alam kong may nagbago, ang hirap, Deib, ang hirap hirap."**

Hindi ko alam kung anong sasabihin ko. Nagagalit ako kay Randall, pero may parte sa'kin na naiintindihan siya sa hindi maipaliwanag na dahilan. Gusto kong damayan si Noona sa nararamdaman niya pero hindi ko masabayan ang pinagdaraanan niya.

"S-Sige na, masiyado ng late, umakyat ka na. May pasok pa tayo pareho bukas, salamat sa oras mo," aniya habang pinupunasan ang luha sa pisngi niya. Hindi ako nakasagot agad at nanatili akong nakatingin sa kaniya, nakikita kong gusto niya pang umiyak at iniisip niya lang na gabi na masiyado para rito.

Dahan dahan akong lumapit at yumakap sa kaniya, naramdaman kong ikinabigla niya iyon. **"Hindi ko man maintindihan ang nararamdaman mo, hindi ko man alam ang sasabihin ko--sana maramdaman mong nandito lang ako para sa'yo,"** bulong ko.

Naramdaman ko ang paghikbi niya. **"Salamat, Deib, salamat."**

MAX'S POV

"Dito na lang ako," pakiusap ko kay Randall nang makarating kami sa labas ng village namin.

Matapos naming mag-usap kanina ay nagyaya na rin akong umuwi dahil masiyado nang late. Bagaman wala kaming ginawa kung hindi ang maupo at magsalita, pakiramdam ko ay pagod na pagod ako. Ang dami raming laman ng isip ko at bumigat ultimong dibdib ko. Hanggang ngayon ay naglalaro sa isip ko ang lahat ng sinabi niya at hindi ko pa rin tuluyang natatanggap ang mga iyon."

"Ihahatid na kita hanggang sa loob," prisinta niya.

"Hindi na," tanggi ko. **"Ayaw kong malaman mo ang bahay ko, bahay namin ni Naih,"** pamamrangka ko.

"Pero mas ayaw kong maglakad kang mag-isa, Pein," bakas ang pag-aalala sa tono ng pananalita niya ngunit hindi ko na iyon pinansin.

"Maraming tarantado rito pero kaya ko ang sarili ko," walang bahid ng pagmamayabang na tugon ko. **"Araw-araw akong dumaraan dito kaya pamilyar ako sa mga taga-rito, umuwi ka na dahil masiyado ng late. May pasok ka pa bukas."**

"Please, ihahatid na kita. Hindi kita pupuntahan dito, promise, gusto lang kitang ihatid."

"Ayos lang talaga ako, 'wag kang mag-aalala dahil malapit lang naman ang lalakarin ko."

Napabuntong-hininga siya dahil wala siyang magawa. **"Hindi ako aalis hangga't hindi ko nalalamang nakauwi ka nang ayos,"** pagpupumilit niya pa. **"Tawagan mo ako kapag nasa bahay ka na, may cellphone ka na ba?"**

"Wala pa, pero puwede naman akong makitawag kay Naih. Bukas ng umaga tatawagan agad kita."

"E-Eh, hindi mo ba ako puwedeng tawagan ngayon pagkauwi mo?"

"Baka kasi tulog na siya, alas tres na, oh? Pero susubukan ko, sige na, ingat ka pag-uwi," tugon ko tsaka agad na binuksan ang pinto para hindi na lalong tumagal pa ang usapan namin. Pero hindi pa man ako tuluyang nakakababa ay hinawakan niya na agad ang braso ko kaya napalingon ako sa kaniya.

"Pein, sana bumalik ka na sa dati--'yung dating Maxpein na masayahin, madaling kausapin, malakas at matibay. Hindi ko kayang nakikita kang ganiyan, nasasaktan ako sa t'wing makikita kita dahil alam kong ako ang dahilan kung bakit naging ganito ang paraan ng pakikitungo mo. Umaasa akong hindi ito ang huling pag-uusap natin," malumanay na aniya at ngumiti naman ako.

"'Wag kang mag-alala, magkikita pa naman tayo."

Nagliwanag ang mukha niya. **"Talaga?"**

"Mm, malapit na ang inter high, eh, paniguradong makikita tayo r'on."

"Ibig kong sabihin, iyong tayong dalawa lang."

"Kailangan ko nang umalis," tugon ko tsaka tuluyang lumabas ng kotse. Naramdaman ko agad ang mabilis na pagbaba niya kaya nilingon ko agad siya. **"Mauna na ako sa'yo,"**

"Tawagan mo 'ko!" dinig ko pang sigaw niya, itinaas ko na lang ang kamay ko at binigyan siya ng baliktad na kaway bilang pamamaalam.

Nakakalito ang nararamdaman ko, para akong nabuhay sa isang laro. Simula sa umpisa hanggang ngayon ay para akong pinaglalaruan ng tadhana. Hindi ko na alam kung ano ang dapat at tama na maramdaman ko dahil iisang bagay na lang ang nasisiguro ko, muling bumalik ang galit sa puso ko.

"Oh? Putsa, anong dinner yan? May midnight snack pa?" bungad sa'kin ni Naih, ikinagulat kong gising pa siya pero hindi ko na siya nagawang sagotin. Agad akong pumasok at sumalampak ng upo sa sofa. **"Hanep makadeadma, ah? Nakapagdress ka lang, feeling celebrity na? Maka-snob, ah?"** pang-aasar niya at natawa ako ng bahagya. **"Ay, grabe, Max! Bagay na bagay talaga sa'yo ang dress na 'yan, hahaha! Ang payat mong tingnan!"**

Tiningnan ko ang suot kong damit at hindi naman ako interesado kung bagay ba ito sa'kin o hindi, wala akong pakialam. Iginala ko ang paningin ko sa bahay, napansin kong tahimik bukod sa bibig niyang maingay.

"Nasaan sina Beka at Boy?" tanong ko.

"Ah, mag-o-overtime raw sila sa TB dahil may gusto silang bilhin, alam mo naman ang mga baklang 'yon. Naggrocery nga sila kanina, kaya nagulat ako, ang daming stocks sa ref at sa cabinet," aniya at tumangu-tango naman ako.

"Kumusta ang pakiramdam mo?" tanong ko.

Ngumiwi naman agad siya. **"Punyeta, heto, banyo queen! Psh!"** asik niya sabay hawak sa tiyan. **"Pero maginhawa na sa pakiramdam, hehehe,"** biro niya pa. Dapat ay isasama ko siya sa dinner na iyon pero nag-alburoto raw ang tiyan niya sa sobrang katakawan. **"Oh, eh, ano nga ang nangyari? Magkuwento ka naman? Nakakangarag ba ang kumain? Putsa, naperfect mo ang description ng haggard, ah?"**

"Tss, nakakapagod din, tapos naglakad pa ako papasok dito."

"Ha? Eh, nasaan si Maxwell? Sinundo ka niya rito kaya dapat inihatid ka rin niya, tsaka, hindi naman ugali n'on ang pabayaan ka."

Napabuntong-hininga naman ako, lahat talaga ay aalamin niya. **"May hindi inaasahang dahilan ang nakapagpainit sa ulo ni Maxwell,"** si Sensui ang tinutukoy ko. **"Nawala siguro ako sa isip niya kaya iniwan ako bigla."**

"Paano ka nakauwi?"

"Isinabay ako ni Randall."

"Ha?" nanlalaki ang mga mata niya at nag-iwas naman ako ng tingin. **"Paano?"**

"Tss, gamit ang kotse niya, malamang."

"Oo, alam ko! Ang ibig kong sabihin, bakit nagkasabay pa kayo? Kilala kita, mas pipiliin mo ang magcommute kaysa makasama siya, 'wag ka ngang ano riyan! Ganon ka ka-arte, 'no! Tsaka, bakit nandoon siya?"

"Naimbitahan din siguro tulad namin," nagkibit-balikat pa ako. **"Naisip ko rin ang magcommute pero naisip kong mas petiks maupo sa kotse bukod sa libre. Mas pinili ko rin ang sumabay kay Randall kaysa kila Sensui."**

"Akala ko pa naman ay mga Enrile lang ang kasama niyo."

Muli akong nagkibit-balikat. **"Pagdating namin doon ay nandoon na rin si Randall, eh, suot pa 'yung suit na iniregalo ko sa kaniya. Tss."**

"Oh, eh, ano naman ang ibig mong sabihin sa mas *pinili* mo ang sumabay kay Randall kaysa kay Sensui? Ganon ka ba kaganda sa tingin mo para mamili pa sa kanila? Hehehe! Biro lang."

"Eh, kasi noong makita nilang mag-isa na lang ako, pareho nila ako niyayang sumabay sa kanila--"

"Wow, bwahahahaha!" biglang tawa niya kaya napakunot naman ang noo ko. **"Niyaya ka ni Sensui na sumabay sa kaniya?"**

"Tss, sa kanila ng pamilya niya, kasama niya ang pamilya niya sa kotse."

"Ah, akala ko ay mag-isa lang siya, eh, ang ganda mo na sana, hahaha!" biro niya pa at ngumiwi na lang ako. **"Hindi ko ma-imagine 'yung moment niyong dalawa ni Sensui, my God! Stop me!"**

Habang nagpapahinga ako ay ikinuwento ko sa kaniya ang napag-usapan namin ni Randall tungkol sa'ming dalawa, inilahad ko ang lahat sa kaniya. Gaya ng inaasahan ko, tulad ko ay nagulat din siya, hindi makapaniwala.

"Hay, Max..." nasabi na lang niya nang maibahagi ko ang lahat lahat sa kaniya. **"Eh, ano na ang nararamdaman mo ngayon?"**

Nagkibit-balikat ako. **"Galit? Tss, nandoon na, eh, nangyari na. Kahit magalit ako, wala na rin naman akong magagawa,"** bumuntong-hininga pa ako. **"Nakakasama lang ng loob na sa pamilya ko pa mismo nanggaling ang ganoon."**

"Nastress naman yata ako bigla, I mean, tayo pa 'yung mas galit na galit kay Randall, 'di ba? Tapos ganon naman pala," nakangusong aniya pa. **"Nakakaguilty lang."**

"Ganiyan din ang naramdaman ko kanina, eh, naguilty ako dahil kung anu-anong masasakit na salita ang sinabi ko sa kaniya."

"Eh, hindi mo naman kasi alam," huminga siya ng malalim tsaka matamang tumitig sa'kin. **"Ano na ang plano mo?"**

Kumunot ang noo ko. **"Anong--ano na ang plano ko?"** pagbabalik ko sa kaniya ng tanong.

"Ngayon na alam mo na ang totoo, ano na ang plano mo?" paglilinaw niya.

"Hindi ko na maibabalik 'yung dati kahit gaano pa kagandang plano ang buuin ko ngayon. Hindi na kami puwede dahil may mga masasaktan na kami," muli pa akong napabuntong-hininga.

"Naiintindihan kong kinailangang niyang magdesisyon mag-isa kahit masakit para sa'kin 'yon, pero 'yung galit na nararamdaman ko ay parang napalitan ng awa."

Hindi siya agad nakapagsalita at nadinig kong bumuntong-hininga siya.

"Okay lang bang magtanong ako ng personal?" aniya at tumitig naman ako sa kaniya. **"Mahal mo pa ba si Randall?"** nahihiyang dagdag niya.

Pinakiramdaman ko muna ang sarili habang nag-iisip. **"Hindi ko alam."**

"Bakit hindi mo alam?"

"Sa ngayon kasi ay iba't iba ang nararamdaman ko, halu-halo. Pakiramdam ko ang daming taong nangloko sa'min at pareho kaming biktima rito. Ang dami masiyadong nangyari kaya hindi ko na alam kung ano na ba ang dapat kong maramdaman."

"'Yung nararamdaman mo kay Randall ang tinatanong ko, 'wag kang ambisyosa, wala akong binabanggit na relasiyon niyo sa isa't isa. Stop me. Ano ang nararamdaman mo sa kaniya? Mahal mo pa ba siya? O kahit kaunti, wala na?"

"Meron pa naman siguro," naiilang na tugon ko. **"Pero hindi na ako sigurado kung gaya pa ba 'yun nang dati."**

"Haaay, sabagay, naiintindihan kita. Kahit pa naaawa ako kay Randall dahil d'yan sa ikinuwento mo, hindi kita masisisi kung bakit nagbago ang nararamdaman mo dahil hindi rin madali ang pinagdaanan mo. Mas naging mahirap lang talaga panigurado 'yung pinagdaanan niya dahil nagdesisyon siya para sa inyong dalawa kahit na alam niyang siya 'yung lalabas na masama."

Nangibabaw ang sandaling katahimikan sa pagitan namin ni Naih dahilan para magkaroon ako ng oras upang makahinga ng maluwag. Pati ang pakikipag-usap sa kaniya ay naging mahirap dahil nasasaktan pa rin ako sa pagpapaulit-ulit ko ng mga nalaman ko. Pero isa rin 'tong paraan ng hingahan kaya naman nagpaubaya na lang akong magkuwento.

Tumawag din si Maxwell upang kumustahin ako at humingi ng paumanhin dahil nga naiwan niya ako. Binusisi ko pa ang nangyari sa pagitan nila ni Sensui at natuwa naman ako dahil hindi siya nag-alinlangang ibahagi iyon sa'kin.

Late na masiyado noong makapagpahinga ako kaya naman hindi rin nagtagal ang pagmumuni-muni ko at nakatulog na rin agad ako.

OceanofPDF.com

CHAPTER 100

MAXWELL'S POV

Maaga akong nagising kahit masiyadong late na akong natulog kagabi mula sa dinner kasama ang mga Enrile. Sa loob loob ko'y pinagsisisihan kong sumama pa ako roon. Maaga rin akong nag-ayos dahil inaasahan ng mga Moon na makakasama nila akong mag-agahan ngayon.

"You're late," bungad sa'kin ni Mommy nang makarating ako sa Canteen ng tertiary campus sa BIS, hindi ko naman siya sinagot. "Next week na magsisimula ang sportsfest."

Bahagya akong natigilan. "Akala ko ba ay hinihintay ninyong maging handa ang SIS? Ano ang nangyari? Ang bilis naman yata?"

"Sapat na sa tingin ko ang isang linggo para makapaghanda sila," ani Chairman Moon. "Hindi maghihintay ang ibang universities ng matagal para sa kanila. Nakausap na namin ang SIS tungkol dito at sumang-ayon naman sila," dagdag pa niya. Tumango naman ako sa paliwanag na iyon. Ang mga Moon ang sponsor ng sportsfest na ito kaya naman nakikialam sila. "Wala akong planong magtagal dito sa Pilipinas dahil may ibang aasikasuhin din ako."

"Mm, pinapunta niyo ako ng maaga rito para sabihin iyan?" sarkastikong tanong ko, gusto kong magbiro pero mukhang nabigo ako. Nagtiim ang bagang ng Chairman at tinaasan ako ng kinay.

"Hindi mo nabanggit sa akin ang tungkol sa paglipat mo rito sa BIS, Maxwell Laurent," malumanay ngunit naninising ani Chairman kaya bahagya akong natigilan. "Ang totoo ay wala akong planong sitahin ka ngunit nakarating sa akin ang ilang mga reklamo. Hindi naman lingid sa kaalaman mong nasa mataas na level ka na at hindi na maaaring lumipat. Ikaw lang ang kaisa-isang exchanged student dito sa BIS at SIS, well, maliban doon sa ipinalit mo sa iyo. Pero mali ito. Inaasahan kong bago ka gumawa ng isang desisyon ay hihingin mo ang panig ko at ng mga magulang mo ngunit hindi mo iyon ginawa."

"Wala naman silang pakialam doon, Chairman. Hindi ko kailangan ang suhestiyon nila para sa sarili kong desisyon."

"Gumawa ka ng sarili mong batas para makalipat sa BIS, Maxwell Laurent, at maraming nagrereklamo ngayon sa SIS nang dahil doon. May ilang mga estudyante rin ang nais na lumipat gaya mo."

"Eh, di palipatin nila? Who cares what others think about me?" inis na tanong ko. "Look, I'm no longer enjoying in SIS that's why I am here."

"But the point is, what you did is not right," mariing ani Chairman at inis naman akong nag-iwas ng tingin. "Lumipat ka ng BIS sa hindi legal na pamamaraan."

"I don't want to stay there anymore because all they wanted is to compete with me; they're studying hard just to compete with me."

"I see no problem with that?" patanong na aniya. "Walang problema roon at ikaw lamang mismo ang gumagawa ng sarili mong problema't dahilan para umalis at lumipat."

"Dahil nga hindi na ako masaya," pagdidiin ko. "They are all busy watching the competition between me and Randall, we're bestfriends, damn it. Sa tingin niyo ba nakakabuti iyon para sa'min? Hindi."

"Then don't compete with him! Alam naman nang lahat na mas magaling ka sa kaniya, anong problema mo? You're making your own issues and you're giving me unacceptable reasons, Maxwell Laurent."

"One thing that I have noticed in BIS, most of them are good--theoretically, but academically stupid. Tsh. I don't wanna be like them," payabang na tugon ko at tumaas naman ang kinay ng Chairman. "Karamihan sa kanila ay matatalino, oo, pero sa ospital ay hindi lang talino ang gagamitin mo. Kailangan mo rin ng lakas ng loob at abilidad. Ang mga iyon ay wala sa mga Med students ng SIS na nakasama ko. Lahat na lang sila ay *overconfident* sa nalalaman nila pero hindi nila alam ang mga dapat gawin sa ospital mismo dahil magaling lang sila sa pag-aaral, pagrereview at sa pag-intindi ng mga *dapat* gawin. Pero hindi nila alam kung *ano* at *paano* ba dapat gawin ang mga iyon. Ang mga kasama ko rito sa BIS ay hindi ganon, hindi man sila sing tatalino ng mga taga-SIS pero kapag inilagay mo sila sa ospital ay alam nila kung ano ang gagawin. I think that is better."

Hindi na nila ako kinumpronta matapos ang pagyayabang ko, sa tingin ko ay naintindihan nila ang punto ko at balido ang rason na ibinigay ko bagaman bahagyang sumama ang loob ko. Alam naman nila ang ugali ko.

Matapos sumabay sa agahan sa mga Moon ay dumeretso na ako sa tertiary campus para magpasa sandali ng reaction paper. Hindi mawala sa isip ko ang ginawang paninita sa'kin ng Chairman sa bagay na alam naman nilang hindi ko gagawin nang walang dahilan.

"Araaay!" bulalas ng babae nasa harapan ko, hindi ko namalayang nabunggo ko ito. **"Aissh! Ano ba?"** sigaw niya pa.

Bahagya akong natigilan nang makinala ko kung sino ito. **"Sorry,"** tulirong pumanhin ko kay Dein.

"Ha! Aren't you going to pick up my things?" mataray na aniya habang nakaturo pa sa mga gamit niyang hindi ko namalayang nahulog din pala. Hindi ako kumilos at kunot-noo ko lang siyang pinagmasdan. **"Hello?"** nanlalaki ang mga matang aniya pa.

"Tsh. Why don't you pick it yourself?" sarkastikong tanong ko ngunit sa loob loob ko ay natatawa ako sa itsura niya.

'She's really cute.'

"How dare you?" sigaw niya pa dahilan upang mapaiwas ako ng kaunti. **"Ikaw na nga itong nakabangga sa'kin tapos ikaw pa itong mayabang?"**

"I said sorry already," nakangising tugon ko.

"Aba't nagdadahilan ka pang antipatiko ka?"

'Tsh, pikon.'

"I don't have time for this," tugon ko. **"Bye."**

"Teka!" sigaw niya pagkatalikod ko, huminto ako at nilingon uli siya. Lalong nanlaki ang mga mata niya kasabay ng pamumula ng ilong niya. **"Nakakailan ka na sa'kin, ah? Napakayabang mo at wala kang modo!"**

Nanlaki rin ng bahagya ang mga mata ko. **"So?"**

"A-Anong so? Nakakainis ka na!" muling bulalas niya dahilan upang mapalingon ako sa paligid, pinagtitinginan na kami dahil sa sobrang ingay niya. **"Hindi porket ahead ka sa'kin ay yayabangan mo na ako ng ganiyan, ah! Alam mo kung sino ako kaya 'wag ka masiyadong mayabang!"**

"Hindi ako interesado sa'yo, Dein Leigh Enrile," inis na tugon ko tsaka tinalukuran siya. **"Aray!"** angil ko matapos kong maramdaman ang matigas na bagay na tumama sa batok ko. Nilingon ko siyang muli tsaka tumingin sa lupa at nakita ko ang isang pink na notebook at nasisiguro kong kaniya iyon. **"Bakit mo 'ko binato?"** inis na tanong ko.

"Dahil mayabang ka, Maxwell Laurent del Valle!" asik niya. Pinigilan ko naman ang mangiti dahil naiinis ako, siya lang ang babaeng naglakas-loob na gawin sa'kin iyon. Pero nakakatuwang malaman na saulo niya ang buong pangalan ko. **"Baliw ka ba? Natabig mo 'ko tapos nahulog ang mga gamit ko, nagsorry ka nga pero wala ka pa ring modo! Bastos!"**

"That was an accident."

"Kahit na! Sana pinulot mo pa rin ang gamit ko!"

"At bakit ko gagawin 'yon?"

"Ha! Napaka-ungentleman mo naman?"

"Tsh. Gentleman ang kahit na sinong lalaki, depende lang talaga sa kaharap nilang babae."

"H-Hey! How dare you--bastos! Hindi pa tayo tapos!" nanginginig sa galit na aniya tsaka padarag na pinagpupulot ang mga gamit niya, hindi ko na siya pinanood pa at dumeretso na ako pabalik sa secondary campus.

Tinawagan ko si Zarnaih at sinabing nais kong sabayan sila sa agahan, hindi rin naman ako nakakain ng ayos kasama ang mga Moon, gusto ko rin sanang kumustahin si Maxpein. Napakahaba pa ng oras dahil masiyadong maaga ang pagpunta ko rito, masuwerte namang may practice ng billiards iyong dalawa.

"Grabe, ang guwapo mo, Maxwell!" bungad sa'kin ni Zarnaih, nangiti naman ako. **"Ang bango mo, hmm!"** aniya pa na inamoy ang polo ko. **"'Oy, Max! Nandito ang kuya mo!"**

"Mm," tanging bati sa'kin ni Pein tsaka nagpaumunang maglakad papunta sa Canteen, natawa na lang ako. Mukhang wala na naman siya sa mood.

"Pagpasensiyahan mo na si Taguro dahil kulang siya sa tulog," ani Zarnaih at tumango naman ako.

"Si Taguro 'yung japanese anime, 'di ba?" tanong ko.

"Oo, siraulo kasi si Deib, hehehe! Ang daming kakornihan nun ni Deib sa katawan, eh, korni ang bawat anggulo ng mukha niya, pati ugali niya ay korni. Binansagan naman siya ni Max ng Sensui, hehehe! Ewan ko ba sa dalawang 'yan!"

"Magkaaway pa rin ba sila hanggang ngayon?"

"Hindi na, natatawa na nga lang ako sa t'wing makikita ko silang magkasama, eh. Ang cute kasi nilang tingnan."

"Paanong cute tingnan?"

"Alam mo 'yun? Dati silang magkaaway tapos ngayon ay parang aso't pusa pa rin, simpleng nag-aasaran. Pareho silang abnoy sa magkaibang paraan. Parehong sarkastiko sa isa't isa pero nagkakapikunan din naman, alam mo 'yun? Hahaha! Nakakatuwa lang tingnan," kuwento niya at tumangu-tango naman ako. **"Parang hindi ka naman interesado,"** natatawang aniya pa.

"Ganon na nga, hehe," biro ko.

"Magkapatid talaga kayo ni Maxpein, mas mabait ka lang talaga," biro niya pa. **"Tara na, nababalutan na ng itim na aura ang kapatid mo, oh."**

"What do you want to have?" tanong ko sa kanila nang makarating kami sa Canteen.

"Iyong mabigat sa tiyan, nagugutom talaga ako," ani Pein, tumango naman ako tsaka dumeretso sa line.

Gaya ng nakasanayan na, ayon na naman iyong walang tigil na hiyawan ng mga babae. Kaliwa't kanan ang kaway nila at itinuon ko naman ang paningin ko sa harapan.

'Hindi ako pumapatol sa bata, si Maxrill na lang ang tingnan niyo. Tsh.'

Muling sumagi sa isip ko iyong panahong nasa high school pa lang kami pareho ni Randall, maraming nagkakagusto sa'min sabi nila pero ni isa sa mga ito ay hindi namin kinala. Noon ay hindi namin kinala kung sinu-sinong may gusto sa amin, hindi gaya rito sa BIS na ipagsisigawan nilang gusto ka nila at pupurihin ka maya't maya. Natatandaan ko pang mas maraming nagkakagusto kay Randall kaysa sa'kin, mas madali raw kasi siyang kausapin kumpara sa akin.

"Thank you," tumango pa ako sa server matapos nitong iabot ang in-order ko.

"KYAAAAAAAAAAAAAAH!" agad na nangibabaw ang malakas na tilian ng mga babae nang pumihit ako paharap. Ngunit hindi pala para sa'kin ang tiliang iyon. **"NANDIYAN NA SI DEIB LOHR!"**

"ANG GUWAPO NI LEE! I LOVE YOU, LEE!"

"TOB! ANG CUTE CUTE MO!"

'Tsk tsk tsk. Girls.'

Napabuntong-hininga na lang ako tsaka nagtuloy sa paglalakad pabalik sa mesa namin. Nagtama naman ang paningin namin ni Enrile at seryosong seryoso siya sa pagkakatitig sa'kin habang kasalubong ko siya. Kusa

namang umiwas iyong dalawang kasama niya dahilan para mabigyan ako ng daan upang malampasan sila.

"Lintek! Ang iingay!" ani Zarnaih at medyo natawa naman ako. **"Bakit nga ba kasi ang guwapo mo?"**

"Huh? Hindi naman ako 'yong sinisigawan nila," tugon ko.

"Psh! Hindi mo malololo ang pandinig ko, Maxwell, pinagtilian ka rin kanina pagkatayo mo pa lang! Grabe, talagang sa t'wing daraan kayong apat dito o kahit saan mang parte ng school na 'to ay nagkakandirit ang puwet ng mga babae at kusang nagtitilian sa inyo! My God! Stop me!"

"Sinasabi mo 'yan dahil sanay ka ng nakikita ako at iyong tatlong 'yon," inginuso ko pa sina Enrile. **"Tsaka, hindi naman ako madalas dito, nito lang napadalas."**

"Iyon na nga, eh, napapadalas na ang pagtambay mo rito sa campus namin pero parang bago ng bago ang tingin sa'yo ng mga babae, kung magsitili akala mo first time kang nakita."

"Masasanay rin ang mga iyan, ganiyan din sa college campus, eh," payabang na tugon ko.

"Tss." singhal ni Pein, sabay naman kaming napalingon ni Zarnaih sa kaniya.

"Ay, nand'yan ka pala?" sarkastikong ani Zarnaih sa kaniya. **"Akala ko kasi ay dalawa lang kami ni Maxwell dito, hahaha!"** biro niya pa tsaka tumingin sa'kin.

"Are you okay?" baling ko kay Pein, tumingin lang siya sa'kin. **"You look pale."**

"I'm okay," tipid na tugon niya tsaka lalamya-lamyang tiningnan ang pagkain niya.

"Nakakaawa naman ang kaibigan kong ito, pagod na pagod sa lahat ng bagay," nakangusong ani Zarnaih.

"Ano kaya ang puwede kong gawin para maging ayos ka?" nakangiting tanong ko pero hindi man lang nagbago ang itsura ni Maxpein.

"Naks naman, sobrang espesyal talaga sa'yo si Max, 'no?" sabad ni Zarnaih. **"Suwerte, hehehe."**

"Pein? What do you want?" baling ko muli rito.

"I'm okay."

"May kailangan ka ba?"

"Katahimikan," tipid na aniya at natigilan naman kami ni Zarnaih. **"Gusto ko ng katahimikan. Tss."**

Nagkatinginan kami ni Zarnaih at saka sabay na nagkibit-balikat. May ugaling ganiyan si Maxpein, kahit noon pa mang bago maging sila ni Randall ay ugali na niya ang maging tahimik sa t'wing kulang ang tulog niya. Kadalasan ay nasisira na ang buong araw niya kapag ganoon at kapag kasama mo naman siya ay mahahawa ka na. Mainitin ang ulo at hindi mo puwedeng kulitin dahil masisigawan ka lang o masasaktan. Hindi niya ugaling tumingin sa ibang tao lalo na kung dumaraan ito sa harapan niya. Kahit pa magpapansin sa kaniya ay balewala, puwera na lang kung mabanggit ang pangalan niya, ngunit depende pa rin kung kakausapin ka. Gumanda lang ang ugali niya noong maging sila ni Randall at iyon ikinatuwa ko sa naging relasiyon nila. Naging sweet at masayahin si Maxpein sa lahat ng bagay, madaling kausapin at hindi mainitin ang ulo.

Aaminin kong hindi ko gusto ang ganitong malamig na personalidad niya, para siyang sakit na lumala. Kahit na gaano kaganda ang pakikisama ko sa kaniya ay parang wala siyang pakialam sa'kin. Animo akong hangin sa t'wing daraan sa harapan niya, hindi karapat-dapat lingunin. Medyo nakakainsulto pero cute pa rin.

"Teka, sandali, punta muna ako sa washroom, umiral na naman yata ang pagkababae ko! Stop me!" paalam ni Zarnaih, sinundan ko naman muna 'to ng tingin bago muling bumaling kay Pein.

"Kanina ka pa tahimik, may nangyari ba?" nag-aalalang tanong ko, hindi siya tumingin sa'kin pero alam kong tiningnan niya ako sa gilid ng mga mata niya. **"Nagkakaganiyan ka lang kapag may nangyaring hindi maganda, Pein, ano ang nangyari?"**

Bumuntong-hininga pa muna siya. **"Nagkausap kami ni Randall kagabi."**

'Ano na naman ang sinabi ni Randall sa kaniya para magkaganiyan siya?'

Bahagyang kumunot ang noo ko. **"Tungkol saan?"**

"Sa amin."

"Ano ang tungkol sa inyo?"

"Si Maze ang dahilan kung bakit niya ako iniwan," walang emosyong aniya ngunit sa hindi maipaliwanag na dahilan ay nagagawa kong maramdamang nasasaktan siya. **"Kinausap ni Maze si Randall, tinakot na bibilhin ang lahat ng properties nila kung hindi ako hihiwalayan,"**

napapabuntong-hiningang kuwento niya. **"Hanggang ngayon ay hindi ko maintindihan, ano ba ang meron sa aming dalawa ni Randall at hindi puwedeng maging kami?"** seryosong tanong niya.

Natigilan ako at hindi malaman ang isasagot. **"I don't understand, Pein, hindi ko alam ang tungkol d'yan. Ano pa ang sinabi niya?"**

"Marami, pero hindi ko iniisip lahat. Iyong kay Maze lang ang iniisip ko dahil gusto ko ng magandang dahilan kung bakit kailangang paabutin niya pa sa ganoon, bakit kailangan niya pang manakot? Talagang desidido siyang paghiwalayin kaming dalawa kung ganon."

"Pein..."

"Sa loob ng dalawang taon ay halos mabaliw ako kaiisip," seryoso talagang aniya habang nakatingin pa sa kawalan ngunit mahihimigan mo ang magkahalong sakit at galit. **"Napuno ako ng galit at pagtataka. Kung kani-kanino ko ikinukumpara ang sarili ko dahil buong akala ko ay ginago ako ng bestfriend mo."**

"Hindi ko rin alam na ganoon ang nangyari," sinserong tugon ko. **"Hindi ko naisip na magagawa iyan ni Mommy."**

"Hindi ko rin naisip na magagawa ito ni Maze, ano ba ang ginawa ko sa kaniya? Ganoon ba talaga kahirap para sa kaniya ang *'wag* na lang akong pansinin? Pakiramdam ko ngayon ay pinaglaruan ang nararamdaman ko, lalo na ang buhay ko."

"Pein, don't say that."

"That's how I'm feeling," malungkot na aniya. **"Kailangan niya ba talaga akong gantihan sa kasalanang hindi ko naman ginawa? Hindi man ako karapat-dapat para kay Randall, pero sana ay naisip niya rin ang mararamdaman ko. Pinaglaruan niya kaming pareho ni Randall, iyong nararadmaman namin ni Randall para sa isa't isa ay sinira niya."**

Hindi ako nakasagot. Hindi ko alam kung ano ang sasabihin ko.

'I don't know how to comfort her; it's between my sister, my bestfriend and my mother.'

Alam kong minahal niya si Randall at nararamdaman kong mahal niya pa rin ito hanggang ngayon.

"Mahirap 'yong nagalit ka sa isang tao dahil sa ginawa niya sa'yo," muling aniya dahilan upang matinag ako. **"Mahirap 'yong pilit mo siyang binura sa isip mo sa pamamagitan ng galit dahil buong akala mo ay *siya* 'yong mali, *siya* 'yong may kasalanan, *siya* 'yong masama. 'Tapos**

sa huli ay malalaman mong biktima lang din pala siya? Ang hirap. Ang hirap mag-isip," nanlulumong aniya.

"I don't know what to say," napapabuntong-hiningang tugon ko.

Napapahiya ako sa kaniya, hindi ako makaharap at makatingin sa mga mata niya. Nagulat man ako pero napuno ng kahihiyan ang kalooban ko dahil sa katotohanang may kinalaman na naman dito ang nanay ko.

"Anong plano mo?"

"Wala," pilit ang ngiting aniya. **"Hindi ko na maibabalik 'yung dating nararamdaman namin sa isa't isa kahit pa magsalita ka, kaya ayos lang kahit wala kang sabihin."** mapaklang dagdag niya pa. Mabilis na nangilid ang mga luha niya at ikinabahala ko iyon. **"Nasaktan ako ng higit pa sa inaasahan ko, nakapanakit ako ng tao nang lingid sa kaalaman ko. Hindi ko alam kung ano pa ba ang dapat kong gawin. Alam kong kapag kumilos ako ngayon ay marami na akong masasaktang tao, hinding hindi na gaya ng dati."**

"Pein..."

"Ang sakit lang tanggapin na sa edad niyang 'yon ay kailangan niyang gumawa ng isang bagay na makakapanakit sa isang tao."

Gusto ko pa sanang magsalita pero hindi ko na malaman ang sasabihin ko. Wala akong maisip sabihin.

Dumating si Zarnaih at hindi na ako nakapagsalita pa. Mataman kong pinagmasdan si Pein at hindi ko malaman kung paano kong tutugunan ang nararamdaman niya. Alam kong nasasaktan siya ng sobra sobra dahil sa pinagdaraanan niya pero wala akong magawa. Naghalo ang pagkalito at gulat sa kalooban ko, lingid sa kaalaman ko ang mga bagay na ibinahagi niya.

DEIB'S POV

Maaga akong nagising at pakiramdam ko ay hindi naman ako nakatulog. Nagsepilyo lang ako at agad na bumaba.

"Oh, napakaaga mo naman yata, Deblor? Akala ko ba ay wala kang practice?" ani Manang habang nagtutupi ng mga damit sa clothing spot. **"Tulog pa ang lahat maliban sa atin,"** aniya pa habang umiinom ako ng tubig. **"Iyon na lamang cereal ang kainin mo at hindi pa ako nakakapagluto ng agahan."**

"Ayos lang, Manang, wala rin akong ganang kumain," wala sa huwisyong tugon ko. Pumunta ako sa dining area at inasikaso ang sarili kong pagkain.

Pakiramdam ko ay ang bigat bigat ng ulo ko.

'Tch, bakit kasi hindi ako nakatulog?'

Sa tingin ko ay masisigawan ko sinumang makasalubong ko ngayon. Nararamdaman ko ang init ng ulo ko bagaman hindi ko matukoy ang pinagmumulan niyon. Ngayon pa lang ay salubong na ang kinay ko.

'Kasalanan ito ni Taguro! Kung nagtext siya o tumawag man lang sana kung nakauwi na siya, eh, di sana ay nakatulog ako? Kahit kailan ay wala siyang kuwenta!'

"Bakit parang gigil na gigil ka naman kung sumubo riyan?" nangibabaw ang tinig ni Noona, nagulat man ay inis pa rin akong nilingon ito.

"Noona!" asik ko na ikinagulat naman nito.

"Ang aga mo naman yatang gumising?"

'Hindi ako nakatulog kaiisip kay Taguro! Peste!'

"Hindi ako nakatulog ng ayos, hindi yata maganda ang pakiramdam ko," pagsisinoongaling ko.

"Uminom ka ng gamot o kaya ay 'wag ka na lang pumasok."

"Papasok ako!" asik ko, tinaasan niya naman ako ng kinay kaya ngumuso ako. **"Kailangan kong pumasok ngayon."**

"Ah, nabanggit nga pala ni Randall na i-a-announce na ang tungkol sa sportsfest, nasa BIS daw ngayon ang lolo niya."

'Ibig sabihin ay nagkausap na sila? Bakit hindi niya sinabi sa'kin? Dapat ay sinabi niya sa'kin!'

"Kailan sinabi ni Randall iyon?" tanong ko ngunit hindi siya agad sumagot. Pinanood ko pa siyang kumuha ng bowl at magsalin ng sariling cereal doon. Nakakabagot ang maghintay sa sagot niya.

"Tumawag siya sa'kin kaninang alas tres y medya, kinausap pa raw siya ng Mommy niya kaya hindi siya nakatawag agad. Around 3:00 AM na yata siya nakauwi sa bahay niya sa Venice," nakangiting aniya.

"Late na late na iyon, ah?" bulong ko. **"Ibig mong sabihin, hindi lang siya nakatawag agad dahil kausap niya si Tita Day?"**

"Yep," tatangu-tangong aniya. **"Nakakaguilty nga, eh, akala ko naman kung napaano na sila kaya hindi niya sinasagot ang mga tawag ko."**

"Bakit daw sila inabot ng ganoong oras?"

"Hindi ko na naitanong, eh, ang sabi niya kasi ay inaantok na siya kaya hindi na kami masiyadong nakapag-usap. Nabanggit niya lang

talaga ang tungkol sa announcements ngayon."

"Ganon ba?"

"Excited na rin siya sa inter high dahil nabalitaan daw niyang magagalit ang players ngayon. Nakakatuwa lang na makakasama ko siya sa event na 'yon para makapagcheer sa inyo ng mga bestfriends mo. Ikaw? Ready ka na ba sa sportsfest?"

'Handa na nga ba ako? Tch! Sa tingin ko ay wala akong pakialam!'

"Tch! Kailan ba naman ako hindi naging ready? I'm always ready!"

"Nice, dongsaeng! Paniguradong ikaw na naman ang MVP niyan! Good luck!"

'Tch. Kagabi lang ay may paiyak iyak pa siya, bakit napakasaya niya naman yata ngayon? Anong nangyari?'

"Paniguradong ako nga, basta walang asungot na hahadlang sa mga plano ko," biro ko.

"Sinong asungot naman iyon?"

"May mga kasali na ngayon na hindi ko alam kung paano maglaro, hindi ko kinala kung sino ang magagaling sa kaniya. Ayaw ko masiyadong taasan ang kumpiyansa kong ako ang magiging MVP dahil mahirap na... baka matsambahan, hahaha!"

"Wow, Deib, ikaw ba iyan? Kailan ka pa naging humble?"

"Puwede ba? Tch!"

"Ang pikon mo, hehehe, dahan dahan naman sa pagsubo at baka mabulunan ka," natatawang aniya pa. Doon ko lang napansing ang bilis ko palang sumubo.

'Bakit ba ako nagmamadali, eh, maaga pa naman? Tch! Tsk! Nakakainis kasi, eh! Hindi pa rin nasasagot 'yong tanong ko! Tch! Si Randall na manloloko ay maagang nakauwi, maaga rin kayang nakauwi si Taguro?'

Natigilan ako sa naisip ko. **"Eh, ano ba ang pakialam ko?!"**

"H-Hey!" bulalas ni Noona. **"Bakit ba sumisigaw ka bigla riyan?"**

"Oh, sige, mauuna na akong umakyat sa'yo," paalam ko. **"Maliligo na ako."**

"Hindi ka pa yata tapos, eh?"

"Tapos na ako! Gusto ko nang pumasok! Mauna na ako!"

Nadinig ko pang tinawag niya ako pero hindi na ako lumingon.

'Siguraduhin mo lang na mabibigyan mo ako ng magandang dahilan kung bakit hindi ka sa'kin sumabay. Dahil kung hindi, lagot ka sa'kin!'

Naging mabilis ang lahat ng kilos ko at nakakabilib lang dahil guwapo pa rin ako. Idinial ko ang number ni Tob nang makapagbihis ako.

"Hello?" sagot niya.

"Hoy! Nasaan ka na?"

"Anak ng.. anong nasaan na ako? May usapan ba tayo? Psh! Nasa bahay, malamang!"

"Papasok tayo ng maaga!"

"Teka, bakit ba naninigaw ka?" asik niya. **"Bakit?"**

"Tch! 'Wag ka nang maraming tanong, Hapon, bilisan mo riyan at papasok tayo ng maaga. May announcement daw tungkol sa inter high."

"Weh?"

"Anong weh?" inis na tanong ko.

"Wala namang nabanggit sa ating ganiyan, ah?"

"Bahala ka sa buhay mo, basta papasok na ako. Bihis na ako't guwapo! Kapag na-late ka, ikaw ang pinakapangit sa atin!"

"Mga pauso mo, ulol! Hahahaha! Sus! Baka naman..."

"A-Ano na naman?"

"Wala! Hahaha! O sige sige, nagbibihis na rin naman ako, eh, tawagan mo si picture perfect!"

"Sige, bye," tugon ko tsaka ibinaba ang linya niya. Tsaka ko idinial ang numero ni Lee.

"Hello?" malumanay pang sagot niya.

'Tch! Bading talaga!'

"Nasaan ka?"

"Nasa washroom."

"Pa rin?" bulalas ko. **"Maya't maya na lang ay nasa washroom ka!"**

"Tsh. Eh, bakit ba ang aga aga ay ang init ng ulo mo? Bakit tumawag ka pa."

"Tara, pumasok na tayo."

"Ha? Bakit? Hindi ka ba makakapasok ng mag-isa?"

'Nakakainis! Ang tanga niya!'

"Basta! Pumasok ka ng maaga, okay? Makakapasok ako ng mag-isa pero dahil may announcements, kailangang nandoon ka!"

"Bakit kasi hindi mo sinabi agad? Naninigaw ka, eh."

"Bilisan mo, ayaw kong mauna r'on!"

"Eh, di hintayin mo akong makaalis ng bahay tsaka ka umalis."

'Gusto ko nang pumasok, eh!'

"Basta, bilisan mo! Sa school ka na maghugas ng kamay mo! Tch! Bye!" asik ko tsaka ibinaba ang linya. **"Tch! Badtrip 'tong mga 'to, ah? Kalalaking tao--ang babagal magsikilos! Kailan ba sila matututong kumilos ng mabilis para makapasok ng maaga?"**

'Baka nauunahan ka nila lagi? Ikaw 'tong parating late, eh! Napakaaga mo lang ngayon!'

"Oo, alam ko!" inis na tugon ko sa sarili.

'Eh, di 'wag kang magreklamo!'

"Aissh! Nakakainis! Hindi na maganda itong nangyayari sa'kin, ah? Napapadalas na ang pakikipag-usap ko sa sarili ko! Ano ba ang nangyayari sa'kin? Hindi na ito nakakatuwa," bulong ko pa tsaka bumaba. Kumpleto na sila sa dining area noong makalapit ako.

"Good morning, son, you're early," ani Dad. Tumango ako at lumapit kay Mom para humalik. Tatalikod na sana ako para makapagpaalam ngunit hinila ni Mommy ang braso ko.

"Where are you going, baby?"

"Sa school, Mommy," inosenteng tugon ko.

"Akala ko ba ay wala kayong practice, hijo, napakaaga pa."

'Lahat ba talaga ay sinabihan kong walang practice? Tch! Ngayon lang ba talaga ako pumasok ng maaga at takang taka sila?'

"Why don't you eat your breakfast first?" suhestiyon ni Noona at hindi ko nagustohan iyon.

"Nagcereal na ako kanina, 'di ba?"

"Eh, di magrice ka naman ngayon."

"Hindi naman ako gutom."

"Eh, di kumain ka pa rin! Bakit ba parang nagmamadali kang pumasok?"

"H-Hindi naman, tinawagan ko na kasi sina Lee at Tob, baka maunahan nila ako."

"Hindi ka naman kakain ng marami!"

"Maupo ka na, Deblor," ani Manang at napakamot naman ako ng ulo. **"Hindi magandang puro cereal lang ang kinakain mo, hijo."**

"N-Ngayon lang naman uli ako kumain ng cereal, Manang," nakangusong tugon ko. Masama ang loob ko.

"Maupo ka na! Ipinagluto ka pa naman ni Mommy! Psh!" ani Noona kaya nilingon ko naman ito.

"Oo nga naman, baby," malungkot na ani Mom.

'Tsk! Nakakayamot! Napakaraming hindrance! Kung kailan gusto kong pumasok nang maaga, lahat naman sila ay kontra ng kontra!'

"Sige na nga," napipilitang tugon ko.

"Oh, hayan, heto pa. 'Yan lang ang kakainin mo," taas-kinay na ani Noona habang nilalagyan ako ng bacon, spam at bread sa plato ko. Inis naman akong kinuha 'yon at isinubo ng isinubo.

"Ano na nga pala ang nangyari kina Randall at Maxi kagabi, baby?"

"Huk!" nalunok ko bigla ang mga isinubo ko.

"Oh, baby, are you okay?"

"A-Ayos lang po, Mom."

"Yiieee! Hihihihi! Nabanggit ko lang iyong name ni *Maxi* ay nabilaukan na ang baby ko. Bilog na ang puwet puwet niya!"

"M-Mom?"

"What? Hihihihi. Bilog na ang puwet puwet."

"HAHAHAHAHAHA!" pinagtawanan ako nina Daddy at Manang, si Noona naman ay mataray pa rin ang itsura.

"Hindi ako nabilaukan dahil sa pangalan niya! Tch! Napalaki lang talaga ang subo ko ng kanin!" inis na tugon ko.

"But you're not eating rice, Deib," sarkastikong ani Noona kaya natigilan ako.

Dahan dahan akong napatingin sa pagkain ko at doon ko lang naalalang tinapay ang kinakain ko. Dahan dahan ko ring nilingon si Noona at lalong tumaas ang kinay niya.

"Ibig kong sabihin ay iyong bread," pilit nagpapakamahinahong tugon ko.

"Yiiieee! Hihihi! Ang binatilyo namin ay nagbibinata na," panunukso muli ni Mommy.

"Mom, stop teasing him, it's annoying," mataray pang ani Noona.

"Yiiieee--"

"Mom! Please!"

"Okay, I'll shut up, hihihi!"

'Nakakayamot! Nagiging wirdo na rin yata ako gaya ni Taguro, nakakahawa siya! Tsk!'

"Eh, ano na nga ang nangyari kina Maxi at Randall kagabi? Nakauwi ba sila ng ayos?" muling tanong ni Dad.

"I don't know," matabang na tugon ni Noona. **"I didn't ask."**

"You should've asked him then, si Chairman ang nag-invite sa kanila ng family niya. Sagotin natin siya kung may nangyari sa kanila."

"Bakit tayo?" asik ni Noona. **"Naghiwa-hiwalay tayong lahat ng maayos--bakit nandoon pa siya samantalang 'yung family niya ay wala na? I don't think she's our responsibility."**

"Dein.." nanunuway ang tono ni Mommy.

"What, Mom? I don't get it, tayo nga ang nag-invite sa kanila pero sinira nila 'yung dinner natin! Pinahiya ako noong mayabang na Maxwell na iyon sa harap ni Chairman! Nakakabadtrip!"

'Tch. Kung alam mo lang, Noona, may gusto iyon sa'yo.'

"Ano namang mayabang sa kaniya?" natatawang tanong ni Dad. **"He's Maxi's older brother, right? Hm, no wonder, they both look weird."**

"Exactly! And they're both annoying!" ani Noona at sinamaan naman siya ng tingin ni Dad. **"Totoo naman, eh, nakakainis silang pareho! Bakit kasi kailangang lumipat pa sila sa BIS! Ang gulo gulo ng pamilya nila!"**

"Dein, hija, stop it," saway sa kaniya ni Mommy. **"Hindi maganda ang ganiyang ugali."**

"Psh! Mom? Mas kakampihan mo pa ba naman sila?"

"Hindi naman ganon, hija, pero hindi ko maintindihan ang pinagmumulan ng ganiyang galit mo sa kanila. Ikaw rin ang hindi ko maintindihan kagabi. Bakit nga ba sinampal mo si Deib Lohr? Anong nangyari?"

Nagkabiglaan kami sa tanong na iyon ni Mommy. Ako man ay hindi umaasang maaalala at mabubuksan pa iyon ngayon. Pareho tuloy kaming nangangapa ng maisasagot ni Noona.

"Nabigla lang ako, Mom," napapahiyang ani Noona. **"Hindi ko naman po sinasadya, okay na kami ni Deib,"** aniya pa na sumulyap sa'kin.

"You're not answering my question, hija, ano nga ang nangyari't kailangang umabot sa ganoon? Ano naman ang ikinabigla mo't umabot sa pananakit mo sa kapatid mo?"

"N-Nasigawan niya po kasi ako, hindi ko napigilan ang sarili ko sa sobrang pag-aalala ko kay Randall."

"Haaay... Ayaw ko nang maulit iyon, Dein Leigh, ha?"

"Yes, Mom."

"Ikaw naman, Deib Lohr?" si Daddy, nilingon ko naman ito. **"I know what you've been through, I'm glad to see that you're fine. What happened?"**dagdag niya at kumunot naman ang noo ko, hindi ko alam ang pinupunto niya. **"Matapos ang nangyari sa inyo ni Kim, mukhang ayos ka na?"**

Nabigla ako ngunit pilit na di nagpahalata. **"Sa tingin ko ay ito ang makakabuti sa'kin, Dad. Wala rin namang magbabago sa'min kung magpapakalugmok ako, 'di ba?"** patanong na tugon ko at tumango naman siya. **"I prefer to continue living a normal life."**

"As easy as that?" muling tanong niya kaya natigilan ako. **"It happened just a few days ago, I didn't even see you sad. Well, I'm just curious,"**nanunukso ang tinging aniya pa.

"Kahit ako ay hindi ko alam, Dad," pilit ang ngiting tugon ko. **"Noong una ay nasaktan at nagalit talaga ako sa kaniya. Noong mismong oras na iyon, galit na galit ako sa kaniya, ganon na rin sa t'wing makikita ko siya."**

"That's nice," tatangu-tangong ani Dad. Napapahiyang nilingon ko naman sina Mommy at nakangiti sila sa'kin maliban kay Noona. **"It's nice to hear that from you. You're matured now, I guess."**

'Tch! 'Ayan na naman 'yang maturity na 'yan.'

"Sa tagal kasi no'ng panliligaw ko, in-assume kong kami na rin. Umabot nga lang sa puntong kailangan na naming maghiwalay at wala akong magawa kung hindi ang tanggapin iyon," pabida ko. **"Kung tutuusin, hindi pa masakit 'yong pinagdaanan ko kumapara sa ibang tao riyan. May iba na mas masakit pa ang naranasan kaysa sa'kin, pero kinaya niya,"** napapabuntong-hiningang tugon ko.

"Puwede ko bang malaman kung sino iyang *iba* na iyan at kinaya niya?" natatawang tanong ni Dad dahilan upang matigilan ako't isa-isa silang tingnan.

"A-Ah, I'm not pertaining to anyone, Dad, hehehe. I'm pertaining to all individuals."

"Okay. Go to school now, drive safely," aniya kaya lumiwanag ang mukha ko. **"Here, idagdag mo sa allowance mo."**

"Thanks, Dad, Mom, pasok na po ako," paalam ko tsaka kumaway sa kanila bago binirahan ng alis.

'Sa wakas makakapasok na rin! Wooh!'

Nakangiti akong nagdrive papunta sa BIS, ngunit hindi pa man ako nakakarating ay nagvibrate na ang cellphone ko. Si Tob ang tumatawag.

"Anak ng putsa naman, oh! Maaga pala, ah!" agad na singhal niya.

Natawa naman ako. **"Hahaha! Sorry, eh, sila Mommy kasi--"**

"Wala ka, dre! Tinitrip mo lang yata kami ni Lee, eh!"

"Nandiyan na ba kayo?"

"Kanina pa--ugok ka! Maaga pala, ah? Sira-ulo ka, dadala-dalawa kami rito sa campus! Kasama namin ang mga maintenance boy! Badtrip ka!"

"Sorry, hahahaha! Hintayin niyo na lang ako sa BIS Coffee Shop, treat ko."

"Letse!" singhal ni Tob kaya natawa ako.

"'Wag ka nang magalit sa'kin, bading, nagdadrive ako. Ililibre na nga kita, eh, magkita na lang tayo sa Canteen."

"May kasamang mamon, ah?"

"Oo, sige!"

"Letse ka pa rin!" aniya tsaka ibinaba ang linya, ngingisi ngisi tuloy akong nagmaneho.

Ilang saglit lang nang marating ko ang parking lot. Pero pagkababa ko pa lang ay agad na akong natigilan.

"Kim?" gulat pang usal ko.

"Deib..."

"Anong ginagawa mo rito?" takang tanong ko tsaka luminga sa paligid, masiyado pang maaga kaya naman hindi ko inaasahang makita siya.

"Hinintay talaga kita," aniya at mas ikinabigla ko iyon. **"G-Gusto lang kitang batiin."**

"O-Okay," tulirong tugon ko. **"Hi?"**

"Hello, Deib," emosyonal na bati niya. Nakangiti ang labi niya ngunit nangingilid ang mga luha sa mga mata niya.

"Hello, Kim," pilit ang ngiting tugon ko. Hindi ko maintindihan kung paanong ipapaliwanag ang itsura niya ngayon. Magulo ang buhok niya at wala siyang make-up. Nangingitim ang eyebags at nangingilid nga ang mga luha. Kunyaring nakangiti habang nakatitig sa'kin.

"I miss you, Deib.." bulong niya, mas ikinagulat ko pa ang pagtulo ng mga luha niya. **"Miss na miss na kita."**

"Kim.." naiusal ko. Parang pinisil na naman ang puso ko at hindi ko siya magawang titigan habang umiiyak.

'Please don't do this to me.'

"Hindi ko alam kung bakit kailangang makaramdam ako ng ganito samantalang ako naman iyong may gusto nito, ako 'yung may kasalanan nang lahat," lumuluhang aniya. **"Ang kapal lang talaga ng mukha ko dahil may gana pa akong lumapit at kausapin ka matapos niyong sinabi mo sa'kin noong nakaraan. Pero kasi.. Deib, hindi ko talaga kaya, eh, namimiss kita. At masakit para sa'kin na makitang okay na okay ka na, samantalang ako ay hindi pa."**

"Kailangan kong maging okay dahil ako ang kawawa kung hindi, Kim."

"Naiintindihan ko, Deib."

"Pero hindi mo naiintindihan na hindi rin madali para sa'kin 'to. Kailangan kong gawin 'to dahil hanggang ngayon ay hindi ko maiwasan ang hindi masaktan," tugon ko at napatitig siya sa'kin. Bahagyang lumapit at tinignan ang dalawang mata ko.

"S-Sabihin mo sa'kin, Deib, ano ang puwede kong gawin para mawala ang sakit na nararamdaman mo? Sabihin mo sa'kin, please, gagawin ko lahat. Kung papayag kang magstay uli ako sa tabi mo--gagawin ko, Deib. Gagawin ko lahat, please, 'wag ka lang mawala sa'kin," aniya kasunod ng tahimik niyang paghagulgol. **"Nakakahiya mang sabihin pero.. oo, ngayon ko lang nakita iyong halaga mo sa'kin. Oo, ngayon ko lang nalaman kung anong nararamdaman ko sa'yo. Oo, ngayon lang kung kailan wala ka na sa tabi ko."**

Napamaang ako. **"Kim, please.."** usal ko. **"Napag-usapan na natin ito, 'di ba?"**

"Deib, I'm begging you, please come back to me?"

"Nakiusap din ako sa'yo. H-Hindi ko pa kaya ngayon."

"Hindi mo na ba ako mahal?" animong nagmamakaawang tanong niya.

'Damn it, Kim. Hindi mo talaga alam kung ano ang nararamdaman ko.'

"Kim, hindi mo ba naintindihan 'yong sinabi ko sa 'yo noong nakaraan?" pilit nagpapakamahinahong tanong ko. **"Please don't do this."**

"Hindi ko nga kasi kaya, Deib. Hindi ko kayang tiisin na wala ka sa tabi ko, hindi ko kayang makitang ayos ka na samantalang ako ay nasasaktan. Hindi ko kayang wala ka--paano ko ba ipapaintindi sa iyo 'yon?"

"Hindi ko talaga maiintindihan 'yon kailanman, Kim, matapos mo akong saktan--ganiyan ang sasabihin mo sa'kin?"

"Pero totoo ang sinasabi ko!"

"Hindi ko pa kayang maniwala ngayon!" singhal ko at natigilan siya. **"Hindi ko pa kayang tanggapin ang lahat nang sinasabi mo ngayon dahil habang nagbibitiw ka ng mga ganiyang salita ay mas nasasaktan lang ako."**

"Bakit, Deib?"

"Hindi ko rin alam," umiling pa ako. **"Hindi kasi ako kayang sagotin ng puso ko kaya hindi niya kayang sabihin sa 'kin kung bakit patuloy siyang nasasaktan sa t'wing magkakaganiyan ka sa 'kin."**

"Kaya nga kailangan na nating bumalik sa dati, Deib," pangungumbinsi niya pa. **"Kailangan na nating bumalik sa dating tayo para hindi na tayo masaktan pareho."**

"Ha..." Natatawang singhap ko. **"Paano mo naisip na ganoon lang kadali para sa'kin iyon? Paano naging ganiyan kadali sa iyong sabihin sa 'kin 'yan matapos niyong ginawa mo?"** Pigil ang galit na tanong ko. **"Kim, daig ko pa ang pinaglaruan nang dahil sa ginawa mo!"**

"That's why I'm sorry!"

"Sorry?" Namamanghang sigaw ko, hindi ako makapaniwala sa sinasabi niya. **"That's why you're sorry? Ginago mo ako! Nakaramdam ako ng sobrang sakit na ni minsan ay hindi ko pa naranasan sa buhay ko tapos ganiyan ang sasabihin mo? What is sorry to you?"** Tanong ko ngunit natigilan siya at napayuko. **"Hindi basta bastang *salita* iyon sa isang taong nasaktan gaya ko,"** pigil ang emosyong dagdag ko. **"Kahit isang milyong beses kang magsorry sa harap ko ay hindi niyon mabubura ang sakit na ibinigay mo, Kim. Masakit iyong pinagmukha mo akong tanga sa harap ng maraming tao."**

'No, Dad, I think I'm not okay yet.'

Hindi ko na siya nilingon, naglakad na ako papasok ng coffee shop nang may sama ng loob. Agad akong sinalubong ng masamang tingin ni Tob at nag-aalalang tingin ni Lee. Pinakitaan ko naman sila ng pekeng ngiti.

"Ano? Anong gusto niyo? My treat!" payabang pang bungad ko.

"Ulol! Maaga pala, ah!" asik ni Tob. **"Gaano ba kalayo ang village mo at nakuha mo pang magpalate ng panibagong 5 minutes!"**

"Hahahaha! Para 30 minutes lang, eh."

"Wow! Ha! Malaking kasalanan na 'yon, dre! 25 minutes na lang magsisimula na ang klase, oh!"

"Hehehe! Ililibre naman kita, Hapon, 'wag kang mag-alala. Ano sa'yo?"

"Trentang mamon!" Aniya tsaka humalukipkip at nag-iwas ng tingin. Napanganga naman ako.

"Kaya mo ba namang ubusin iyon?"

"Eh, di iuuwi ko iyong iba! May angal?"

"Tch! Ang sabihin mo ay ibibigay mo lang kay Michiko mo!"

"'Buti at ipinaalala mo, hehehe. Bibigyan ko si Michiko. Pero 'wag mong iniiba ang usapan! Um-order ka na ng trentang mamon--para sa akin lang!"

"Tch. Gusto mo rin ng trentang kape--para sa iyo lang?" Inis na tanong ko.

"'Wag naman 'yung kape, dre," nakangusong tugon niya. **"Baka mani at kendi na ang kasunod niyon."**

"Tch. Oh, ikaw pogi?" Baling ko kay Lee. Nakangiti naman itong tinitigan ako habang prenteng prente sa pagkakasandal niya. **"Ano ang sa iyo?"**

"Isang matinding kuwento lang, ayos na ako," nakangising tugon niya.

"Anong kuwento naman?"

"Mm, kung ano ang nangyari kagabi at ngayon?"

"Hindi ko alam ang s-sinasabi mo, Lee."

"Nauutal ka, Deib. Kaya alam mo ang sinasabi ko. Um-order ka na, mamaya ka na lang magpaliwanag, baka ma-late tayo."

'Ano ba ang sinasabi nito ni Lee? Tch! May nalalaman ba siyang hindi ko nalalaman? Tsk! O baka naman ganon lang talaga ako kahalata kaya nalaman niyang may pinagdaraanan na naman ako? Tsk. Badtrip kasi si Kim, eh. Ang ganda ganda na ng umaga ko--tsk!'

Iiling-iling akong um-order at hindi naman nagtagal at naibigay ng server ang lahat ng orders namin. Sinunod ko nga ang sinabi ni Tob. Trentang mamon ang in-order ko para sa kaniya lang. Mamon at gatas naman ang sa'min ni Lee.

"Pupunta muna ako sa washroom," paalam ni Lee pagkabalik ko.

"Anak ng.. hindi pa kanina nag-CR!" Singhal ni Tob. **"Nakakadiri ka! Tapos kukuha ka sa mamon ko!"**

"Tsh, baka nakakalimutan mong handwashing ang ginagawa ko lagi sa banyo?"

"Siguraduhin mo lang!"

"Sumakit sana ang tiyan mo sa dami ng mamon mo!"

"Hoy! Ang sama ng ugali mo, Lee!"

"Bahala ka sa buhay mo. Tsh. CR muna ako," paalam niya pa uli.

"OO, AT ALAM MO BANG SI KIM ANG NAGKAKALAT? SI KIM PA KAMO! SI KIM PA MISMO! BWAHAHAHAHAHA!" Nagkatinginan kami ni Tob nang mangibabaw ang malakas na boses ng isang babae. **"EWAN KO, PERO MARAMING NAGSASABING TOTOO RAW, EH. MARAMI RAW ANG NAKAKITA SA KANILA R'ON SA BAR. OO NGA! ABA, EH, MALAY KO? NAPAKASUWERTE NAMAN NANG TAGURO NA IYON! HINDI NGA SIYA ASAWA NI MAXWELL--SI RANDALL NAMAN PALA! KAYA PALA ANG SABI NG PINSAN KO AY GUWAPO RAW ANG BOYFRIEND N'ON! NAGKATAON NAMAN KASING TUMIGIL SA PAG-AARAL IYONG PINSAN KO DAHIL NGA NABUNTIS, 'DI BA? OO! KAYA 'AYUN, HINDI NIYA ALAM NA BREAK NA SILA. BASTA ANG ALAM KO LANG, *EX-BOYFRIEND* NI TAGURO SI RANDALL AT *MAHAL* PA NILA ANG ISA'T ISA."**

Agad na nag-usok ang tainga ko at humugot ako ng isang napakalalim na hininga.

'Basta ang alam ko lang, ex-boyfriend ni Taguro si Randall at mahal pa nila ang isa't isa.'

'Basta ang alam ko lang, ex-boyfriend ni Taguro si Randall at mahal pa nila ang isa't isa.'

'Basta ang alam ko lang, ex-boyfriend ni Taguro si Randall at mahal pa nila ang isa't isa.'

Muling nagpaulit-ulit iyon sa pandinig ko at nakakarindi na!

'What the hell?'

"Hoy, ikaw!" Sigaw ko r'on sa babaeng iyon na siyang malakas na nagsasalita habang may kausap sa cell phone.

"Oh my G!" Maarteng aniya pa. **"I think Deib just heard me, I'll call you back later,"** mahinang dagdag niya pa tsaka takot na humarap sa'kin. **"I'm so sorry, Deib, I didn't mean to--"**

"Get out of my sight!" Sigaw ko at napanga nga siya. **"Napakapangit mo!"**

"Y-Yes, Deib, I'm really sorry--"

"NOW!" Buong puwersang sigaw ko pa at saka ako huminga ng sunod sunod.

'Damn it! Damn it! Damn it!'

"Hoy, ang init naman bigla ng ulo mo?" Natatawang tanong ni Tob.

"Nakakabadtrip, eh!"

"Hahahaha! Bakit ka naman nabadtrip, dre?"

"Narinig mo ba iyong sinabi n'on, ha?"

"Malamang, magkasama tayo, eh!" Natatawang aniya at sininghalan ko naman siya ng tingin. **"Oh, anong meron? Hahaha! Hindi ka naman binanggit n'ong tao, ah?"**

"Oo nga, pero binanggit niya si Kim!"

"Eh, ano naman ngayon sa 'yo? Psh, hindi ka pa rin binanggit, hahaha! Ang ayaw mo lang ay iyong nababanggit ka."

"Naiinis pa rin ako!"

"Bakit nga?" Tanong niya nang may nanunuksong tingin. **"Dahil ba talaga sa nabanggit ang pangalan ni Kim o..."** Pambibitin niya pa tsaka ngumisi ng todo.

'Heto na naman siya, mang-aasar na naman itong pesteng 'to.'

"Ano na naman?"

"O dahil sinabi niyang *mahal* pa nina Randall at Max ang isa't isa?" Biglang seryosong tanong niya. Hindi ako nakasagot agad. Kitang kita ko kung paano siya naging seryoso habang nakangiti pa rin, nawala ang mapanukso niyang tingin.

"Loko ka, ah!"

"Naaay! Late reaction 'to, eh!"

"Tch! Ano bang sinasabi mo riyan? Puwede ba? Naiinis lang ako dahil binanggit niya pa si Kim--bukod doon ay wala na!"

"Napakadefensive mo, Enrile!"

"Ang lakas mo kasing mang-asar! Tigilan mo 'ko, Tob, ah!"

"Hindi bale, hindi kita mamadaliin, dre. Alam kong darating ka rin sa puntong malalaman mo ang tunay na nararamdaman mo sa *kaniya*..."Makahulugang aniya pa at natigilan naman ako. **"Malalaman mo ring nagseselos ka na pala."**

Sunod sunod ang naging paglunok ko. **"H-hindi totoo 'yang sinasabi mo! Hindi ako kailanman magkakagusto kay Taguro--tandaan mo**

'yan! At mas lalong hindi ako magseselos kung mahal niya pa rin si Randall! Wala akong pakialam sa kaniya!"

"Hahahaha! Eh, hindi naman si Max 'yong *kaniya* na tinutukoy ko, tulok!"

"E-Eh, sino ba?"

"Si Randall!" Turan niya at nabigla naman ako. **"Si Randall ang tinutukoy ko, bwahahahaha!"**

"Sira-ulo ka!" Singhal ko at tumawa naman siya nang tumawa. **"Badtrip!"**

"Hoy, ano ba kayong dalawa?" Biglang sumulpot si Lee mula sa likuran. **"Kung mag-usap kayo ay parang napakalayo ninyo sa isa't isa."**

Nauwi kami sa simpleng kuwentuhan pero wala nang kinalaman sa mga nangyari noong nakaraan.

"Gusto ko talagang maging Engineer," usal ko. **"Badtrip, hanggang ngayon ay hindi pa nababanggit sa kanila."**

"Eh, bakit nga ba hindi mo pa sabihin?" Seryosong tanong ni Lee.

"Dahil alam ko ngang Medicine ang gusto nila para sa'kin," ungot ko. **"Tch! Ano bang maganda sa Medicine? Delikadong course 'yon dahil buhay ng tao ang hahawakan mo, hindi ba sila natatakot?"**

"Buhay rin naman ng tao ang hahawakan mo, ah?" Nakangiting ani Lee. **"Sa mga buildings na itatayo mo, kailangang siguruhing matibay ang pundasiyon mo dahil nakasalalay r'on ang buhay ng taong titira."**

'Akalain mong nabigyan niya pa ng dahilan 'yon? Tch! Nakakayamot!'

"Oo nga naman, dre," sang-ayon ni Tob. **"May point si Lee. Kunsabagay, lahat naman ng course ay may buhay na nakasalalay. Tayo nga mismo, nakasalalay ang buhay natin sa mga course natin dahil mapapatay tayo ng mga magulat natin kapag bumagsak tayo sa kursong ipinaglalaban natin. Bwahahahaha!"** Biro niya at nagtawanan kaming tatlo.

"Oo nga naman dre.. may point si Lee! Sabagay, lahat naman ng course ay may buhay na nakasalalay! Tayo mismo ay nakasalalay ang buhay natin sa mga course natin.." si Tob.

"Bakit naman!?" kami ni Lee.

"Dahil mapapatay tayo ng mga magulang nating kapag bumagsak tayo sa course na ipaglalaban natin bwahahahahahaha!"

Matapos niyon ay dumeretso na kami sa campus, niyaya ko silang pumunta sa Canteen para bumili ng tubig.

'Maaga pa, nandito na kaya si Taguro? May practice yata sila, eh.'

Pasimple kong nilingon ang hall nila pero patay na ang ilaw r'on at kitang kita ko na ang malaking pad lock. Paniguradong tapos na ang practice nila.

Pagkapasok namin sa Canteen ay agad na bumilis ang tibok ng puso ko. Kahit hindi ko tingnan ay alam kong si Taguro ang makikita ko sa puwestong iyon, nakasalampak ng upo at nakayuko sa mesa.

'Kahit kailan ay wala siyang kuwenta! Ano ba naman iyong umayos siya ng upo para makita niya ako? Tch! Bastos!'

Nagtuloy lang ako sa paglalakad bagaman gusto ko siyang lingunin at sigawan. Hindi man lang siya nagsabi kung nakauwi na ba siya ng maayos o hindi at napakabastos nang ganoong pag-uugali.

Ngunit natigilan ako nang magtama ang paningin namin ni Maxwell.

'Tch. Dahil sa kayabangan mo ay sumabay na naman sa ex niya iyong kapatid mo! Pareho kayong tanga!'

Inis akong lumihis ng tingin hanggang sa makalampas siya. Dumeretso ako sa line at pasimpleng sinusulyapan si Taguro.

"Dito sa cashier ang tingin, dre, wala riyan ang bilihin," bulong ni Tob dahilan upang matinag ako. Nahuli niya akong nakatingin kay Taguro.

"T-Tinitingnan ko lang kung darating si Kim," utal na bulong ko.

"May water jag si Kim, dre, 'wag kang tokis."

Nagngitngit ang kalooban ko. Hindi ko maintindihan kung bakit kailangan ko pang tingnan si Taguro. Pilit kong inalis iyon sa isip ko at matapos kong bumili ng tubig ay walang lingunang lumabas ako ng Canteen, doon lang ako nakahinga nang maluwang.

"Tara sa quadrangle, mukhang handa na sila para sa announcements," dinig namin ang isang freshman kaya sumunod na lang kami r'on.

Nasa ginawang entablado na nga ang mga Moon, kasama sina Lolo at Chairman Enrile. Wala pang nagsasalita dahil abala pa si Migz sa pakikipag-usap kay Coach.

"Maaaring ang iba sa inyo ay nalungkot nang dahil sa naudlot nating sportsfest pero hindi niyo na kailangan pang malungkot dahil sa wakas ay magaganap na ito," panimula ni Lolo.

"YEHEEEEEEEY!"

"WAAAAAAAAA!"

"EXCITED NA AKO!"

"Ang mga manlalaro ay abala na sa pag-e-ensayo kaya naman inaasahan naming ang bawat isa sa inyo ay makikiisang sumuporta sa kanila," dagdag pa ni Lolo.

"YEEEEEES, DEAN!"

"Gaganapin na ang inter high sa araw ng lunes sa susunod na linggo. Dito sa BIS gaganapin ang opening remarks at ang BIS dance troupe ay may performance sa araw rin na iyon. At mula rito ay lilipat naman tayo sa SIS para doon ganapin ang preliminary games."

"WAAAAAAAAA!"

Ang dami nang sinabi ni Lolo at bawat linyang binitiwan niya ay sigawan ng mga estudyante ang kasunod. Ngunit hindi man lang ako tinamaan ng interes sa mga iyon. Parang mas gusto nang mga mata ko'ng maghanap nang maghanap pero hindi ko magawa. Palihim pa rin akong lumilinga linga dahil hindi ko talaga mapigilan.

'Tch! Alam niya nang may announcements, bakit nasa Canteen pa sila? Gutom na gutom?! Tch! Hindi ba siya nag-agahan kanina?! Nakakailang kain na nga ako, eh!'

"What's your favorite sports?" Nangibabaw ang tinig ni President Moon at gulat naman akong napatingin sa stage.

"BASKETBALL!"

"WE LOVE YOU, DEIB LOHR ENRILE!"

"TOB YANAI FOR THE WIN!"

"LEE, WOOOH!"

"VOLLEYBALL!"

"SOCCER!"

"BASEBALL--DAHIL WALA NANG BALIW NA SI YSAY!"

"BWAHAHAHAHAHA!"

"BILLIARDS! FIRST TIME MAPAPANOOD NANG LAHAT ANG TAGURO BROTHERS! WOOOH!"

Kaliwa't kanan ang sigawan ngunit iyong huli ang umagaw sa atensiyon ko. Nangibabaw ang pangalan nina Taguro at Parrot sa mga ito.

'Nasaan na kaya sila?'

"Interesting," nakangiting ani President Moon. **"Maaari ko bang malaman kung sino ang mga representatives ninyo?"**

"Mr. de Matta, Mr. Sanchez, Ms. Marchessa and Ms. del Valle, kindly stand up?" Ani Lolo sa mikropono at saka luminga linga sa mga

estudyante. **"Sila po ang representatives ng BIS sa billiards, Miss President."**

Nanlaki ang mga mata ko at agad na nilingon kung saan nakatingin sina President Moon at si Lolo. Doon ko nasilayan ang mukha ni Taguro.

Hindi ko maintindihan ang nararamdaman ko. Parang may kung ano ang sumibol sa dibdib ko dahilan upang matuwa ako noong makita ko siya. Nakakabagabag ang pakiramdam na iyon.

'Ano ba ang nangyayari sa 'yo, Deib? Bakit ganiyan ang nararamdaman mo? Hindi ka naman ganiyan dati, ah?'

Nagtuloy pa ang pagsasalita nila sa stage at ako naman ay hindi nagbalik sa katinuan. Hindi mawaglit sa isip ko ang kakaiba at bagong pakiramdam na iyon sa'kin.

Nakarecover lang ako noong matapos ang announcement. Nanguna akong tumayo at naglakad papalayo.

'Hindi tama ito, hindi ko alam kung anong nangyayari sa katawan ko. Bakit ganon na lang iyong naramdaman ko noong makita ko si Taguro? Bakit parang gustong gusto ko siyang makita? Bakit nagagalit ako sa kaniya dahil kay Randall siya sumabay kagabi? Ha! Hindi ka dapat makaramdam ng ganiyan, Deib, dahil siya iyong peste nang buhay mo!'

Sandali akong natigilan sa paglalakad. **"Hindi kaya... tama si Tob?"** Mahinang usal ko pa habang nakahawak sa dibdib ko.

Muling nagsulputan ang mga tanong sa isip ko. Ngunit ang mga tanong na iyon ay wala nang kinalaman sa pagkatao ni Taguro. Tungkol na ito mismo sa pagkatao ko at sa nararamdaman ko. Hindi ko maintindihan kung bakit ako nakakaramdam ng ganito.

'Hindi ko ba talaga alam? O n-nagpapanggap lang akong hindi ko talaga alam?'

Lalo akong natigilan nang dahil sa naisip ko. Mas pinabilis niyong ang tibok ng puso ko at pakiramdam ko ay natatakot ako.

"Damn it," bulong ko. **"Hindi puwede 'to..."**

'Oo, Deib, hindi puwede 'yan. Hindi talaga puwede dahil kapag nagkataon ay mapapahiya ka sa sarili mo at sa ibang tao kaya hangga't maaga--iwasan mo na. Maawa ka sa sarili mo.'

Natigil ako sa paglalakad nang makita ko si Taguro na dumaan sa harapan ko at dahil mayabang nga siya ay hindi niya ako napansin. Nagtuloy tuloy siya sa paglalakad hanggang sa marating niya ang likurang bahagi ng Gym na siyang katabi naman ng Batibot.

'Anong gagawin niya ro'n--President Moon?'

Agad akong nagtago sa likod ng poste nang makita ko si President Moon na sinalubong si Taguro.

"Talaga palang hindi ka pa rin nadala sa nangyari sa iyo, Maxpein? You're really unbelievable!" Sarkastikong ani President Moon. Sinilip ko si Taguro ngunit mukhang balewala na naman dito ang kaharap. **"Bumagsak ka na nga sa SIS nang dahil sa bilyar, hanggang ngayon ba naman ay gagawin mo pa rin? At sumali ka pa talaga sa varsity? Hahaha!"**

'Tsk! Kasalanan ko 'to, eh. Tsk. Nandiyan na, eh!'

"Maxpein, paniguradong babagsak ka na naman dahil puro bilyar ang aatupagin mo. Bukod doon, dinig ko'y nagkakasama na naman kayo ni Randall? Talagang wala kang kadala dala," iiling-iling pang dagdag niya.

"Hindi mo alam ang sinasabi mo, Maze," walang modong tugon ni Taguro.

"Hindi ko alam kung ano ang sinasabi ko o hindi mo alam kung ano ang sasabihin mo?" Biglang nagtaas ng boses ang Presidente. **"Bakit ba hanggang ngayon ay ipinagpipilitan mo ang sarili mo sa taong hindi ka na gusto?"**

"Tss, hindi ako gusto? O hindi mo gusto para sa 'kin?" Sarkastiko ring tanong ni Taguro.

"And what you're trying to say is?"

"Hindi ba't ikaw ang gumawa nang paraan para magkahiwalay kami? Tss. Ang lakas ng loob mong sabihin sa 'kin 'yan, samantalang alam mo sa sarili mo kung anong ginawa mo para magkaganoon kami."

'Anong ibig niyang sabihin?'

"Hahahaha! I don't know what you're saying, Maxpein."

"Stop lying, Maze, I know everything already," malumanay pa ring ani Taguro. **"Alam ko nang tinakot mo si Randall kaya niya ginawa iyon. Anong karapatan mong gawin iyon sa 'min? Bakit ba ganoon ka na lang kadesididong paghiwalayin kami? Bakit ganoon na lang katindi ang kaya mong gawin--kesehodang makapanakit ka ng damdamin--mapaghiwalay mo lang kami?"** Biglang nagtaas ng boses si Taguro.

"Because you don't deserve to be together!" Asik ni Maze. **"You don't deserve each other--lalo ka na! Hindi ka karapat-dapat sa isang lalaking gaya ni Randall! Ha! Ang lakas naman ng loob mong maghinanakit ng ganiyan? Look at yourself, Maxpein, you're a big mess!"**

"At anong basehan mo para malaman kung sino ang hindi at karapat-dapat para sa isang tao? Dahil ba anak ako sa ng asawa mo sa pagkakamali ay hindi na ako puwedeng tanggapin ng pamilya ni Randall? Baka nakakalimutan mong asawa mo pa rin ang tatay ko?"

Humalakhak si Maze. **"Iyon na nga ang masakit doon, eh. Anak ka sa *labas* ng *asawa* ko."**

"Nakakatawa ka, masiyado kang apektado sa relasyon namin samantalang hindi naman ikaw ang mapapahiya kung hindi kami."

"Sa ginagawa mo ay napapahiya rin ako."

"Alam mong hindi ang lahat ng tao ay alam kung ano ako sa pamilya mo, kaya 'wag mong idahilan sa 'kin 'yan. Sabihin mo nga sa 'kin, bakit kailangan mong gawin 'yon?"

"You really have no idea, Maxpein," sarkastikong ani President Moon na ikinagalit ng mukha ni Taguro.

'Ibig sabihin ay si President Moon ang dahilan kung bakit sila naghiwalay? Ano ba namang klaseng pamilya 'to? Ang gulo!'

"I'm just curious, what's the reason why you're acting like this? Don't tell me that you still have feelings for him?" Nakakaloko ang ngiting tanong ni Maze.

Dahan dahan akong napatingin kay Taguro, bagaman bakas ang galit sa mukha niya ay nag-iba pa rin ang ekspresiyon doon.

"Hindi ko talaga maintindihan kung bakit may pakialam ka pa, Maze. Sa kagustuhan mong maging masaya, wala kang pakialam kahit makapanakit ka nang damdamin ng iba. Ngayon ko lang sasabihin 'to kaya inaasahan kong pakikinggan mo. Tigilan mo na ang pakikialam sa buhay ko hangga't may natitira pa akong respeto sa 'yo. Dahil sa susunod na makialam ka, kalilimutan ko kung sino ka." Makahulugang ani Taguro.

'H-Hindi kaya.. mahal niya pa si Randall? Tch! Maaaring ganoon nga, dahil hindi siya magagalit ng ganiyan kung hindi. Eh, ano bang pakialam ko?'

"You have to accept it, Pein. Your world is *unfair*."

"Patas ang mundo, Maze, pero hindi ang maga tao... lalo na iyong mga katulad mo." Sarkastikong ani Taguro tsaka tinalikuran siya. Sabay pa kami ni President Moon na pinanood ang paglayo niya ngunit ilang saglit lang din ay umalis na ito.

'Ganoon ba talaga ang trato nila sa isa't isa? Kakaiba. Napakawirdo ng pamilya nila. Tsk.'

Nang maramdaman kong wala ng tao ay tsaka ako naglakad papunta sa building namin.

"Hoy! Saan ka nanggaling?" Napalingon ako nang marinig ko ang tinig ni Tob. **"Kanina ka pa namin hinahanap ni Lee, saan ka ba nagsuot? Anong ginagawa mo ro'n?"** Turo niya pa sa pinanggalingan ko.

Umiling agad ako. **"May tiningnan lang. Tara, may klase pa tayo."**

Gaya ng nakasanayan na ay nahirapan ako sa pakikinig. Mas naglalayag ang isip ko ngayon kumpara noong mga nakaraan. At sa oras na ito ay si Taguro na naman ang laman ng utak ko.

'Si Taguro at ang walang kamatayan niyang pagiging misteryoso. Tch! Bakit ba nauuso na ang misteryosong hindi maganda? Tch! Ang taba niya nga, eh!'

Umandar ang oras at nagkasunod sunod ang klase. Ni hindi ko na nga namamalayan ang pagpapalit ng mga subjects dahil bukod sa nakalutang ang isip ko, sumasabay ang paglalayag ng emosyon ko.

'Bakit naman kasi kailangang marinig ko pa 'yon, eh? Hindi ko maintindihan, anong ibig niyang sabihin? Si President Moon ang dahilan kung bakit sila nagbreak? At anong ginawa niya? Tinakot niya si Randall? Paano? Tch! Ibig sabihin...'

"Kaya lang siya nakipagbreak sa kaniya ay dahil doon?!"

"MISTER ENRILE!" Nangibabaw ang tinig ni Dragona at natigilan ako.

"M-Miss..."

"Ano na naman ba?" Gitil na tanong niya.

"S-Sorry, Miss--"

"Get out!" Sigaw niya habang nakaturo sa pintuan.

"Miss naman?"

"I said, get out!"

"Miss--"

"NOW!" Mas malakas pang sigaw niya.

"Y-yes, Miss!" Napapahiyang tugon ko. Agad kong kinuha ang mga gamit ko at binirahan ng alis. Ni hindi ko na nagawang tingnan ang mga kaibigan ko ngunit batid kong nagulat din sila sa 'kin. **"Tsk! Nakakayamot! Bakit naman kasi nagkakaganito na naman ako? Nakakainis! Dapat ay sa isip ko lang iyon!"** Singhal ko pa habang naglalakad pababa ng building.

'Saan na naman kaya ako pupunta nito? Tsk!'

Natagpuan ko ang sariling naglalakad papunta sa parking lot ngunit hindi pa man ako tuluyang nakakarating doon ay agad na akong natigilan. Namataan ko sina Taguro at Kim.

'Anong ginagawa nila riyan?'

Magkaharap silang dalawa at nakatayo sa mismong gate. Hindi ako kalayuan sa kanila ngunit masiyado silang tutok sa isa't isa kaya naman hindi nila ako nakita.

RANDALL'S POV

"Echavez!" Nangibabaw ang isang pamilyar na tinig. Agad akong napangiti nang makita ko kung sino ito.

"Mokz!" Magiliw na bati ko rito.

"Randall.. Randall.. Randall.." Nakangiti pa ring aniya. Kasama niya si Maxrill na masungit pa rin gaya ng dati.

"Director Mokz. Maxrill."

"It's been a long time! How have you been?"

"I've been good, how about you?"

"Ha ha ha ha ha! I'm still handsome."

"I agree, you look younger."

"Inaasahan ko na iyan! Ha ha ha ha! Where is your Mom?" Tanong niya pa na iginala ang paningin sa likuran ko.

"Ah, nauna na po sila, tinapos lang talaga iyong announcement." Nakangiting tugon ko. Nandito kami ni Mommy kasama si Lolo para sa announcements patungkol sa sportsfest.

"Mm, hindi kayo sabay na uuwi?"

"Hindi na, Director Mokz, dederetso ako sa school dahil may klase pa ako. Uuwi na sila sa bahay kasama sina Lolo at Rhumzell."

"Ganoon ba? Mm, nakakapagod ang kurso mo, son, you deserve a break."

"Makakapagrelax naman ako sigurado sa parating na sportsfest."

"Magkita na lang tayo ro'n kung ganoon?"

"Sure, Director Mokz," magiliw na tugon ko tsaka ako bumaling kay Maxrill. **"How are you, kid?"**

"I'm good, Hyung," pormal na tugon niya.

"It's nice to hear that. I heard that you're planning to stay here for good?"

"But Maxwell and Maxpein do not agree with that."

"Mm? Why don't you try to talk to them again? Malay mo payagan ka na nila."

"Mm, thanks for the advice." Masungit pa ring aniya at saka bumaling kay Mokz. **"Let's go."**

"We'll talk again next time, Randall," ani Mokz. **"He's hungry, ha ha ha ha ha!"**

"See you around." Nakangiti pa ring tugon ko at saka tinanaw ang paglayo nila.

Doon na ako dumeretso papalabas sana ng BIS ngunit natigilan ako, nasisiguro kong si Deib itong nasa harapan ko at siyang nakaharang mismo sa daraanan ko.

'What is he doing here?'

Bahagya pang kumunot ang noo ko. Wala akong makitang dahilan upang manatili siyang nakatayo sa gitna ng pathway. Kaya naman tinanaw ko ang nasa harapan niya at mas lalo akong natigilan. Nakita ko sina Kim at Maxpein.

'What are they doing?'

Bahagya akong lumapit sa kanila sa paraang hindi ko maaagaw ang atensiyon nila.

"Ano na naman bang kailangan mo sa 'kin?" Dinig kong tanong ni Pein, bakas ang kawalan ng pasensiya sa tono ng pananalita niya.

"Do you have any idea how much I *hate* you?" Sarkastikong tugon naman ni Kim.

'Ano bang ginagawa niya? Tsk!'

Agad akong nakaramdam ng inis para kay Kim. Wala akong makitang dahilan para gawin niya ito kay Maxpein. Kung titingnan ko si Maxpein, base sa itsura niya ay mukhang wala siya sa mood.

"Nobody cares, Kim."

"I hate you so much that I don't want to see you anymore." Gitil na ani Kim. Gusto ko man siyang lapitan ngunit parang may sariling isip ang

mga paa ko at ayaw nitong kumilos para sa 'kin. Meron sa loob kong nagsasabing pakinggan ko anomang pinagtatalunan nila.

"Ipikit mo ang mga mata mo kung ayaw mo akong makita."

"Iyon na nga ang nakakainis, eh! Kahit ipikit ko pa ang mga mata ko ay ikaw pa rin ang nakikita ko."

"Hindi ko na problema iyon kung ganoon. Ano na naman ba ang kailangan mo at naglaan ka pa ng oras para sugurin ako? Hindi ako interesado sa nararamdaman mo."

"'Wag ka nang magpanggap na walang alam dahil alam kong sinasadya mong dumikit kay Deib para mabaling sa iyo ang atensiyon niya!"

'Anong ibig niyang sabihin? Si Pein at si Deib?'

"Tss. Nagshashabu ka ba? Daig mo pa ang praning. Ano ba ang sinasabi mo?"

"Hindi ako praning dahil alam kong tama ang hinala ko!"

"Eh, di ikaw na ang magaling, naghihinala ka pa lang pero alam mo nang tama ka. Bibihira ang nakakagawa niyan, karapat-dapat ipagmalaki,"matabang na tugon ni Pein.

"'Wag mong ilayo ang usapan!" Singhal ni Kim. Napatingin ako sa paligid ngunit walang tao maliban sa aming apat. Kataka-taka lang na oras ng klase ngunit nasa harapan ko ngayon ang tatlong ito. **"Sige nga, kung mali ang sinasabi ko--bakit kailangan mong dumikit pa kay Deib kung puwede namang lumayo ka na!"**

"Wala kang magagawa dahil nagkakataon 'yon, okay?"

"Eh, bakit hindi mo pa siya iwasan?"

"Bakit ko naman siya iiwasan? Hindi ko siya dinidikitan kaya hindi ko siya kailangang iwasan."

"Baki hindi mo na lang kasi *aminin* na may gusto ka kay Deib?"

Natigilan ako. Napatingin kay Maxpein at pinagmasdan ang reaksiyon sa mukha niya.

'Hindi puwede 'yon, Pein, sabihin mo ngayon din na mali ang sinasabi ni Kim.'

"You're crazy," natatawa kunyaring usal ni Pein. **"'Wag ka kasing isip nang isip para hindi ka napapraning, Kim. Hindi ba't ikaw ang unang nanloko kay Deib? Nagagalit ka ba talaga nang dahil kay Deib, o dahil kay Randall?"**

"Shut up."

"Come on, Kim, stop being unreasonable. Nagagalit ka sa 'kin nang dahil kay Deib? Tss. Eh, hindi naman kami nagde-date para magreact ka ng ganiyan. Si Randall naman ay hindi ko na boyfriend para mapraning ka. Nakakasawa na kasi iyang walang-humpay na galit mo.

"Sa iyong sa iyo na si Randall--pero 'wag na 'wag mong aagawin sa 'kin si Deib!"

"Hindi ko siya inaagaw at hinding hindi ko siya aagawin. Sa iyo na lahat!"

'Pein..'

Mahihimigan na ang kawalan ng pasensiya kay Pein. **"Kung nagkakaganiyan ka dahil akala mo ay inaagaw ko sila sa'yo, nagkakamali ka. Sa iyo na silang dalawa. Ginugulo mo ako para lang sa lalaki? Nakakabadtrip ka, alam mo ba 'yon? Ano bang gagawin ko sa 'yo para manahimik ka na?"**

"Ang mawala ka na sa buhay namin ni Deib!"

"Wow, hahaha," sarkastikong tumawa si Pein. **"Bakit? Plinano ko bang pasukin ang buhay n'yo? Baka nakakalimutan mong si Deib ang nag-umpisa nang lahat ng gulo? Sinabi ko na sa inyong tigilan n'yo na ako pero wala kayong ginawa kung hindi ang ikonekta ang sarili n'yo sa 'kin. Tapos ngayon ay ako pa ang dapat na mawala? Eh, kung kayo ang burahin ko sa paningin ko?"**

"Sino ka ba sa akala mo, ha? Masiyado kang mayabang--palibhasa'y ex mo si Randall at kasundo mo na si Deib ngayon! Hindi mo ako maiintindihan dahil wala kang ibang inisip kung hindi ang sarili mo! Dahil hindi mo naranasan ang naranasan ko!"

"Kaya ka nagkakaganiyan dahil akala mo ay ikaw lang ang nasaktan," makahulugang ani Pein dahilan upang matigilan si Kim at mapatitig sa kaniya. **"Hindi kita maintindihan dahil may sapak ka at matino naman ako. Tanggapin mo na, Kim, lahat nang nangyayari ngayon ay hindi mo na maiiwasan. Nagkukusa ito, dahil lahat ay nakatakdang mangyari. Wala kang magagawa kaya sabayan mo na lang."**

"At sino ka sa akala mo para paniwalaan ko? Ha?"

"Eh, di 'wag kang maniwala. Tss. Umalis ka lang sa harap ko, ayos na."

"Psh. Ang sabihin mo... kaya hindi mo magawang lumayo kay Deib dahil may gusto ka na sa kaniya. Ang simple simple ng tanong ko pero

hindi mo masagot ng deretso."

"Kahit ngayon lang, Kim, patahimikin mo ako. Ako na ang nakikiusap." Mahinahong ani Pein na akmang aalis na ngunit nawala sa kaniya ang atensiyon ko.

Biglang humarap si Deib sa gawi ko dahilan upang magtama ang mga paningin namin. Pareho pa kaming nagulat habang nakatingin sa isa't isa at hindi makapagsalita.

"Sabihin mo na lang na may gusto ka kay Deib para hindi ka nagkakaganiyan!" Dinig ko pang hamon ni Kim. **"Just admit it!"**

"Wala nga akong gusto sa kaniya!" Palahaw ni Pein.

At laking gulat ko kung paanong ang gulat na reaksiyon ni Deib kanina nang makita ako ay napalitan ng gulat na may bahid ng panlulumo.

'Tama ba itong nakikita ko?'

Hindi ko maipaliwanag ngunit meron bagay sa loob kong nagsasabing ganiyan ang reaksiyon ni Deib dahil hindi niya nagustohan ang narinig niya.

'Hindi puwede, nagkakamali lang ako. Mali ang iniisip ko. Mali ang nakikita ko kay Deib ngayon.'

Parang nanghihinayang siya sa nadinir niya dahilan upang bumagsak ang mga balikat niya't pumungay ang mga mata. Agad siyang nag-iwas ng tingin sa 'kin at ibinaling iyon sa tagiliran niya. Alam kong napapahiya siya ngayon sa harapan ko.

"Deib?" Biglang usal ni Kim. Maging ako ay nagulat nang lingunin niya ako. **"R-Randall? Anong ginagawa niyo rito?"** Tanong niya ngunit hindi ako sumagot.

Pumihit paharap si Deib kay Kim dahilan upang hindi ko na makita ang reaksiyon niya. Bahagya akong lumapit habang nakatuon kay Pein ang paningin. May kung anong kirot sa dibdib ko nang makita kong nakatingin sina Deib at Pein sa isa't isa.

'Bakit kailangan nilang magtitigan ng ganiyan?'

Gusto kong hawiin ang pagitan ng mga mukha nila para mawala ang titigan nilang iyon pero hindi ko kaya.

"A-Ah..." pilit ang ngiting sambit ni Deib. Iyon lang ang sinabi niya ngunit mahihimigan ang kaba roon. Balisa siya at hindi makatingin kay Pein na nananatili namang blangko ang mukha.

"Deib, h-hindi ko sinasadyang sabihin iyong mga nasabi ko--"

"It's okay, Kim," pigil sa kaniya ni Deib. **"But you don't have to do this. It's senseless."** Bakas sa kaniya ang pagpipigil ng galit.

"Gusto ko lang naman kasing malaman kung--"

"Enough," muling pigil ni Deib sa kaniya. **"Just go."**

"Deib?"

"I'm asking you nicely, leave."

"I'm sorry," naiiyak na sambit ni Kim tsaka patakbong lumayo. Kaming tatlo na lang ang naiwang nakatayo at magkakaharap.

"Where are you going, Pein?" baling ko rito, gusto kong mabasag ang katahimikan sa pagitan naming tatlo.

"Magpapahangin," napapabuntong-hiningang tugon niya.

"Gusto mo bang samahan kita?" Nag-aalalang tanong ko. Ngunit bumagsak ang mga balikat ko nang hindi niya ako sagotin at lingunin si Deib. Mataman niyang pinagmasdan ang mukha niya at walang sali-salitang tumalikod at naglakad palayo. Susundan ko pa sana siya ngunit mabilis niyang naimaniobra ang motor niya at sa ilang segundo lang ay pinaharurot iyon.

'Anong nangyari sa 'yo, Pein? Nag-aalala ako.'

"Mauna na ako--"

"Deib," pigil ko sa kaniya nang umasta siyang lalabas ng gate. **"I didn't mean to hear everything. I really don't know what to say but... I hope you're okay?"** Patanong pang dagdag ko.

"I'm better than okay, Randall," preskong tugon niya.

"Wala ka bang klase?"

"Wala na," batid kong pagsisinungaling niya at saka tinalikuran ako.

'Tsk. Ano ba'ng nangyayari?'

Napako ako sa kinatatayuan habang pinaglalaruan ang mga tanong sa isip ko. Kuwestiyonable sa 'kin ang ginawang kumprontasiyon ni Kim kay Pein. Ang reaksiyon ni Deib noong marinig niyang sabihin ni Pein na wala siyang gusto rito. At ang pag-aalalang nakita ko sa mga mata ni Pein nang titigan niya si Deib.

'Parang ang lungkot lungkot na naman niya. Anong nangyari, Pein? Nag-aalala na ako nang sobra.'

OceanofPDF.com

CHAPTER 101

DEIB'S POV

Matapos ang usapang iyon ay natagpuan ko ang sariling nagdadrive papunta sa kung saan. Hindi ko alam kung saan ako makakaratingin sa pagmamanehong ginagawa ko pero wala akong pakialam. Gusto kong magtuloy tuloy sa pagdadrive.

Kakaiba ang pakiramdam ko at hindi ko iyon maipaliwanag at kinakabahan ako sa katotohanang iyon. Hindi ito normal sa'kin at hindi ko pa kailanman ito naramdaman.

'Bakit ako nagkakaganito?'

Hindi ko nagustohan ang lahat nang narinig ko. May nagngingitngit sa kalooban ko at isa iyon sa mga gumugulo ngayon sa isip ko.

'Bakit kailangang maramdaman ko ito? Wala naman akong pakialam sa kaniya, 'di ba? Bakit ganito ang nararamdaman ko?'

Hindi ko alam kung paano ko masasagot ang sarili ko, nakakalito ang nararamdaman ko. Alam ko sa sarili kong alam na alam ko ito.

'Alam ko sa sarili kong alam na alam ko ito pero bakit hindi ko masabi? Bakit hindi ko masagot ang sarili ko kung bakit ko nararamdaman ito?'

Lalo kong binilisan ang pagmamaneho hanggang sa marating ko ang magandang hardin na kilala rin dito sa Laguna. Wala sa sariling pinasok ko iyon at saka ako naupo sa duyan na pinalilibutan ng halaman at nakaharap sa bundok.

Napakamaaliwalas ng lugar na iyon at napakasarap nang simoy ng hangin. Maraming matatanaw na tao ngunit isa man sa mga ito ay hindi maririnig ang mga sinasabi. Maaaring pare-pareho kaming gusto nang kapayapaan ng pag-iisip. Saglit ko pa silang pinagmasdan habang mga nakatanaw sila sa bundok, kung saan kahit malayo ay dinig mo ang malalakas na huni ng ibon. Isang grupo ng ibon ang paulit-ulit na lumilipad sa paligid niyon.

Pakiramdam ko kahit papaano ay gumaan ang kaninang mabigat na pakiramdam ko. Ngunit hindi pa rin nababawasan ang pagkalito sa isip ko.

'Bakit kailangang ikaw ang makapagparamdam sa 'kin ng ganito?'

Hindi ko talaga kayang sagotin ang sarili ko. Hindi ko maamin sa sarili ko kung ano ba ito dahil hindi ko rin matanggap. Hindi ko kayang tanggapin. Hindi ko gusto ang nararamdaman ko at nagagalit ako nang dahil doon.

'Bakit kailangang ganon ang maramdaman ko matapos niyang sabihin na hindi niya ako gusto? Bakit, Deib, bakit?'

Nagagalit ako at gusto kong magwala. Hanggang ngayon ay malinaw sa isip ko iyong itsura niya habang sinasabi niya kay Kim iyon.

'Wala nga akong gusto sa kaniya!'

'Wala nga akong gusto sa kaniya!'

'Wala nga akong gusto sa kaniya!'

Muling nagpaulit-ulit sa pandinig ko ang sinabi niyang iyon. Napapikit ako sa inis habang nakakuyumos ang dalawang kamao. Pilit kong nilalabanan ang namumuong galit sa dibdib ko dahil kung hindi ay maaaring maging dahilan iyon upang magwala ako rito mismo.

'Tch! Damn it! Kung ganoon ang nararamdaman niya bakit kailangang ganito ang maging epekto sa 'kin? Hindi ko maintindihan! Nalilito ako at gusto kong magalit! Kailan pa nagsimula ito? Bakit ikaw pa?'

Napahilamos ako sa mukha ko. **"Bakit ikaw pa, Taguro?"** Bulong ko at saka nanlulumong pinagmasdan ang mga ibong malayang nagsisiliparan. **"Hindi ko matanggap. Hindi ko maamin."**

Masiyadong mahirap para sa 'kin na tanggapin dahil ako mismo ay di maipaliwanag kung bakit, paano at kailan?

'Kaya ba talaga hindi ako nasaktan sa ginawa ni Kim--dahil ikaw na ang gusto ko at hindi na siya? Damn it, Taguro. Pinasasakit mo ang ulo ko.'

"Peste!" Mahinang sigaw ko nang dahil sa naisip ko. Napayuko ako sa mga tuhod ko at nasabunot ang sariling buhok. **"Andwae..."** Maluha-luhang usal ko kasunod ng paglunok.

'Matangkad, chubby, katamtaman ang kulay, nakatali ang buhok at... HINDI MAGANDA!'

Hanggang ngayon ay tandang tanda ko pa ang unang deskripsiyon ko kay Taguro.

'Maski isa sa mga katangian mo ay hindi ko gusto pero bakit ganito ang nararamdaman ko? Kailan pa nagsimula ito? Bakit hindi ko alam? Bakit hindi ko napansin? Hindi ako kailanman nagkagusto sa isang chubby at lalong lalo na sa nakatali ang buhok! Ayaw ko ng nakatali ang buhok! Gusto ko ay nakalugay lang! Tch! Baduy pa at reyna nang kayabangan!'

Naawa ako sa sarili dahil sa kawalan ng kakayahang sagotin ang sariling mga tanong. Hindi ko lubos maisip kung paano ko nagustohan ang babaeng iyon.

'Maski isa sa mga katangian mo ay hindi ko gusto.. pero bakit ganito ang nararamdaman ko?! Kailan pa nagsimula 'to!? Kailan pa?! Bakit hindi ko alam?! Bakit hindi ko napansin!?'

Nananatiling hindi ko masagot ang sarili ko.. Napapaisip ako kung paano ko syang nagustohan! Kung bakit ko sya nagustohan!? Maski isang bagay na meron sya ay ayaw ko! Hindi ako kailanman nagkagusto sa isang chubby at lalong lalo na sa nakatali ang buhok!

Muling nagflashback sa 'kin lahat ng mga bagay na nangyari sa pagitan namin mula noong umpisa hanggang sa kanina. Kung paano niya akong sinabihan nang gago sa malumanay na paraan. Ang hininga niyang amoy double mint na cheap para sa'kin. Nang iangat niya ako sa pader dahilan upang manginig ang kamay niya. Ang napakasakit sa panga na sapak niya.

'Lahat ay nagsimula nang patirin ko siya. Peste. Ang paa ko pala ang dapat kong sisihin kung bakit ito nangyari?'

Napangiwi pa ako nang maalala ko iyong oras na tinamaan ako ng bola at nakita niya. Hindi niya man ako inasar, naasar pa rin ako ng kusa. Hindi niya man ako ipinahiya, nakaramdam pa rin ako ng pagkapahiya.

'Tch! Bakit nga ba niya ako tinawag nang Sensui? Para masabing cast din ako ng Ghost Fighter gaya niya? Ang korni niya!'

Kung paanong naiwan sa ere ang kamay ko nang iabot niya sa 'kin ang ziplock. Ang bote ng yakult na bagaman hindi masakit ay nakakabadtrip sa pakiramdam.

'Hindi mo na kailangang alalahaning isa-isa, Deib, dahil alam kong tandang tanda mo lahat 'yan!'

Malinaw pa ang lahat sa'kin at nakakatawa ang dahilang ngayon ko lang napagtantong mukha pala talaga kaming tanga noon. Natatandaan ko pa ang bawat detalye at pangyayari sa pagitan naming dalawa ngunit alinman sa mga iyon ay hindi ko kakikitaan ng dahilan para mauwi sa ganito ang nararamdaman ko para sa kaniya. Hindi ko talaga matanggap na ganito ang nararadaman ko.

'Nakakalungkot isiping kung kailan nalaman kong ganito ang nararamdaman ko ay saka mo sasabihing hindi mo ako gusto.'

Kusang bumagsak ang mga balikat ko sa isiping iyon at muling tumingin sa malayo. Merong parte sa puso ko ang *nanghihinayang* t'wing maaalala

ko ang sinabi niyang hindi niya ako gusto.

'Enough, Deib, accept it!'

"Just accept it. Habang maaga pa." Mahinang usal ko at saka marahang pumikit.

Hindi ko pinigilan ang isip kong alalahanin at panoorin sa isip ko ang mga nangyari sa pagitan namin. Hinayaan kong maglayag ang imahinasyon ko para makabalik ako sa nakaraan. Baka sakaling doon ay makita at malaman ko kung paanong nauwi sa ganito ang nararamdaman ko.

Kung paano ko siyang isinali sa billiards. Kung paano ko siyang dinikitan ng bubble gum at magdamag na pinagtawanan. Kung paano ko siyang pinagbintangang tumira sa 'kin ng baseball. Kung paano ko siyang binuhusan ng tubig na may yelo. Kung paano kong pinaglaruan ang undergarment niya. Kung ilang ulit ko siyang itinulak sa locker. Kung ilang beses ko siyang sinisi sa mga bagay na hindi naman ako siguradong ginawa niya talaga. Kung ilang beses niya rin akong iniligtas sa kabila nang mga kalokohang ginawa ko sa kaniya.

'Nanghihinayang ako, Taguro. Bakit kailangan mong iparamdam sa 'kin ito? Bakit kailangang iparamdam mo sa 'kin ang panghihinayang dahil lang sa nalaman kong hindi mo ako gusto?'

Nasa ganoon akong sitwasiyon nang mapansin ko ang mga taong dumaraan sa harapan ko. Lahat sila ay talagang nililingon ako. Nagtatakang kinapa ko ang sarili kong mukha at kinabahan dahil baka lumuluha na ako nang walang malay pero wala akong makapang basa sa mukha ko.

Nagvibrate ang cell phone ko kaya bumalik ako sa huwisyo. Bumilis ang tibok ng puso ko at hindi ko maipaliwana ang kakaibang nararamdaman ko. Dahan dahan kong kinuha mula sa bulsa ang cell phone ko at kabadong binasa ang pangalan ng caller.

Nanlumo ako nang makita kung sino iyon. Si Lee.

'Wala siyang cell phone, Deib, 'wag kang assuming. Tch.'

Napabuntong-hininga ako 'tsaka pinindot ang *answer*. **"Hello?"**

"Hello, Deib, where are you?" Bakas ang pag-aalala sa boses ni Lee. **"Tob and I are looking for you. Nasaan ka ba? I've been calling you for 10 times now!"**

'Ha? Seryoso ba siya?'

"Hello, Deib, nasaan ka ba?" Muling tanong niya nang hindi ako makapagsalita.

"Somewhere."

"Huh? Where?"

"Lee, I need some time alone."

"Alone? What are you saying? Are you okay?"

Hindi nila alam ang nangyayari at hindi nila maiintindihan ang nararamdaman ko ngayon. Bukod pa roon ay wala ako sa mood para magpaliwanag sa oras na ito dahil gusto kong mapag-isa at isipin ang nararamdaman ko.

"I'll see you tomorrow, Lee," walang ganang tugon ko at nangibabaw ang katahimikan sa pagitan ng linya namin. Nadinig kong bumuntong-hininga siya.

"Are you okay, Deib?" Lalong bumakas ang pag-aalala sa tono ng pananalita niya.

"Of course, I'm okay," pagsisinungaling ko.

"I know that you're not okay," aniya na bumuntong-hininga pa. **"Hindi mo ugaling um-absent kaya alam kong hindi ka ayos. Whatever it is that you're going through right now, I just hope that you're okay, dre."** Sinserong dagdag niya at lalo akong nanlumo, lalo akong binalot ng lungkot. Lungkot na hindi ko pa rin maipaliwanag. **"Pero... gusto ko sanang malaman kung kasama mo si Max?"**

Bigla akong nabuhayan. **"H-Ha? Hindi. Bakit?"**

"Hinahanap din siya ni Zarnaih, kasama namin siya ngayon ni Tob."

'Ano? Nasaan naman kaya iyon?'

Napaisip ako sa sinabing iyon ni Lee, napatingin ako sa relos ko at doon ko napagtantong may mahigit apat na oras na pala akong nananatili rito. Mahigit apat na oras na akong nakaupo rito at walang ginawa kung hindi ang mag-isip at alalahanin ang nakaraan. Hindi ako makapaniwalang tatagal ako nang mukhang tanga rito.

"Deib?"

"Ha? I'm sorry, what was I saying?" Natutulirong tanong ko. **"No, she's not with me. I'm alone at the moment."**

"Tsk. I'm sorry I asked, anyway, I hope you're fine. Just call me if you need me, okay? I'll see you tomorrow, take care." Aniya pa at saka ibinaba ang linya.

Paniguradong absent na ako sa lahat ng klase ko sa hapon. Hindi pa rin ako nakakapaglunch pero hindi ako nakakaramdam ng gutom.

'Now this is great! Why do I have to feel this way? Why do I have to be like this? Nakakainis! At ikaw ang dahilan, Taguro, oo, ikaw!'

Pinapayapa ko ang dibdib ko 'tsaka ako tumayo at naglakad papalayo. Bago pa man ako tuluyang makaalis sa lugar na iyon ay muli kong nilingon ang bundok at ang mga ibon.

'Salamat. Salamat sa oras.'

Hindi man nawala ang nararamdaman ko, kahit papaano ay naibsan iyon sa ganda ng paligid na siyang tinambayan ko panandalian. Nabawasan ang lungkot na nararadaman ko nang dahil sa mga ibon dahil naramdaman kong hindi ako nag-iisa. Nang dahil sa bundok ay napagtanto kong maganda pa rin ang paligid ko. Pilit ang ngiting iniwan ko ang lugar na iyon at saka nagmaneho pauwi ng bahay.

"Oh, walang practice?" Bungad sa 'kin ni Manang, kinuha niya agad ang mga gamit ko ngunit tumanggi ako. Sumenyas na lang akong aakyat na sa kuwarto. **"Ayos ka lang ba, hijo?"** Nag-aalalang tanong niya, pilit na ngiti ang isinagot ko 'tsaka tumango sa kaniya.

'Hindi ko maintindihan ang nararamdaman ko, Manang, sa tingin ko ay hindi ako ayos.'

Pabato kong inilapag ang mga gamit ko sa center table nang marating ko ang kuwarto. Pasalampak akong naupo sa sofa at saka inihilig ang batok ko. Paa na lamang ang ipinang-alis ko nang sapatos at medyas dahil hinang hina ako para gawin ang mga iyon. Kusang kumilos ang mga kamay ko para hubarin ang uniporme ko't itira ang boxer shorts at sando.

'Hindi na ito nakakatuwa, Taguro, anong ginagawa mo sa 'kin?'

Dahan dahan akong pumikit ngunit si Taguro pa rin ang nakikita ko. Habol ang hiningang naimulat kong bigla ang mga mata ko. Kinakabahan ako sa lagay ng katawan ko.

"Umayos ka, Deib, pakiusap," bulong ko pa.

'Please, 'wag ka nang magpakita.'

Ngunit nabigo ako. Kusang lumilitaw ang mukha niya sa t'wing ipipikit ko ang mga mata ko. Kaya naman hindi ko na iminulat pa ang mga mata ko, pinili kong pagmasdan ang imahen ng mukha niya sa isip ko. Iyong blangko at walang emosyon niyang mukha.

'Hanggang sa isip ko ba naman ay wala kang ekspresiyon? Nakakainis!'

Muling sumilay sa isip ko iyong unang beses na makita ko siyang nakangiti. Iyong unang beses na ngumiti siya sa harap ko, na kahit alam kong sarkastiko ay natigilan ako't napatitig. Inalala ko kung paano akong bumilib sa ngiti niyang hindi ko naisip na magiging ganoon kaganda dahil nasanay akong walang reaksiyon ang mukha niya. Ang mga ngiti niyang

hindi mabura sa isip ko at parang pinipisil ang puso ko sa t'wing makikita ko.

Pilit kong inalala yung unang beses na makita ko syang nakangiti.. yung unang beses na ngumiti sya sa harap ko na kahit na alam kong sarkastiko ay natigilan ako at napatitig! Inalala ko kung paano akong naamaze sa ngiti nyang hindi mo aakalaing magiging ganon kaganda dahil nasanay akong walang reaksyon ang mukha nya..

Ang mga ngiti nyang hindi ko mabura sa isip ko twing makikita ko..

'Wala nga akong gusto sa kaniya!'

'Wala nga akong gusto sa kaniya!'

'Wala nga akong gusto sa kaniya!'

Muling nangibabaw ang tinig niya sa pandinig ko at nakakapeste ang linya niyang iyon!

'Sinisira mo ang utak ko, Taguro--masama kang tao!'

Muling nagngitngit ang kalooban ko kaya naman kahit nakapikit ako'y naramdaman ko ang matinding pagkunot ng noo ko.

'Wala nga siyang gusto sa iyo, Deib! Wala! kaya 'wag ka nang umasa pa na magbabago iyon dahil hinding hindi ka niya magugustohan! Tanggapin mo na! Talo ka! TALO!'

Lalo akong nainis nang maalala ko ang mga sinabi sa 'kin ni Tob.

'Hindi ako bading, dre, mukhang may gusto nga ako sa kaniya...'

Kusa akong natigilan nang dahil sa naisip ko. **"Argh! Nakakainis! May gusto ba talaga ako sa kaniya?"** Wala sa sariling bulalas ko.

"Kanino?" Nangibabaw ang tinig ni Daddy kaya napabalikwas ako ng bangon! **"Kanino ka may gusto?"**

"D-Dad..." Nauutal nang bigkas ko. Kasalukuyan niyang isinasara ang pintong hindi ko man lang namalayang bumukas. Nakangiti siyang lumapit sa 'kin at nakapandekuatrong naupo sa single sofa sa harapan ko. **"Would you mind me sitting here?"**

"Sige lang, Dad." Natutuliro pa ring tugon ko.

"Masuwerte tayo dahil ganitong klaseng buhay ang meron tayo, anak," nakangiting aniya pa habang inililibot ang mga mata sa kabuuan ng kuwarto ko, gumaya naman ako sa kaniya. **"Ang ibang pamilya ay mas maliit pa rito ang tahanan, samantalang ikaw, buong bahay nila--C.R. mo pa lang,"** nangingiting aniya 'tsaka nagtama ang paningin namin. **"Do you have any idea how lucky you are?"** Tanong niya at napamaang naman ako. Hindi ko alam kung bakit niya sinasabi ngayon ang mga ito.

"You're very lucky to have all these, son, you're very lucky." Nakangiti at sinserong aniya pa habang nakatingin kami sa isa't isa. **"Pero sadyang hindi *lahat* ng bagay ay ibibigay Niya sa iyo."** Dagdag niya at doon ako natigilan.

"I know, Dad," napapayukong tugon ko.

"Minsan kahit na... gaano mo kagustong makuha ang isang bagay, kung hindi rin naman ito nakalaan at nakatakdang mapasaiyo, hindi mo ito makukuha. Kahit na anong paraan pa ang gawin mo." Makahulugang turan niya dahilan upang lalo akong mapatitig sa kaniya. **"At hindi lang sa mga bagay nangyayari iyon, Deib, pati na rin sa tao."**

Sunod sunod na lunok lang ang naisagot ko 'tsaka ako nagbaba ng paningin. Hindi ko malaman kung bakit kinakabahan ako gayong si Daddy lang naman ang nasa harapan ko. Hindi ko alam kung bakit merong nagsasabi sa 'kin na tama ang lahat nang sinasabi niya at lalo niyong dinaragdagan ang panghihinayang ko.

"Hindi lahat nang taong gusto mo ay mapapasaiyo. Tulad nang mga bagay na gusto mo ngunit hindi mo makuha--may mga tao ring kahit gustong gusto mo, kung hindi naman nakatadhanang makatuluyan mo..." Nagkibit-balikat pa siya. **"Hindi mo siya makukuha--kahit na anong paraan pa ang gawin mo."**

"Pero Dad... hindi ako sigurado kung gusto ko siya." Nalilitong tugon ko.

"Hahahahaha!" Mahinang tawa ang naiganti niya kaya ngumuso ako. **"Hindi ka sigurado? Bakit?"**

"I don't know, Dad. Meron sa loob-loob kong hindi matanggap na g-ganito 'yong nararamdaman ko. Naiinis ako sa nararamdaman ko."

"Dahil hindi mo inaasahang magkakagusto ka sa kaniya." Seryosong aniya kaya natigilan na naman ako.

"G-Ganoon na nga, Dad."

"Minsan, mas masarap mahalin iyong hindi mo inaasahang kaya mo palang mahalin."

"Hindi ko siya mahal!" Nakangusong singhal ko.

Napamaang siya bago pa matawa. **"Hahahaha! Okay, okay, okay!"**

'Hindi ko siya mahal! Tch! Ni hindi nga ako sigurado kung gusto ko ba talaga siya, eh! Baka nga tinamaan lang ang ego ko kaya ganito ang nararamdaman ko! Tch!'

Sandaling katahimikan ang nangibabaw sa pagitan namin, pareho kaming hindi nagsasalita ngunit malayo ang tingin. Sabay naming pinaglakbay ang mga diwa namin sa kawalan.

'Paano ko ba malalaman kung gusto ko talaga siya? Nakakainis! Gusto kong malaman kung paano kong masisiguro na gusto ko nga siya! Hindi puwede ito! Tsk! Ano na lang ang masasabi sa 'kin nang mga tao? Na ang guwapong Deib Lohr Enrile ay nagkagusto sa isang mayabang lang na Maxpein Zin del Valle? Ikamamatay ko 'yon!'

"Dad?" Usal ko. **"Paano kapag iyong taong gusto mo... nalaman mong hindi ka gusto?"** Kabadong tanong ko at hindi makatingin sa kaniya ng deretso.

"Mm, anong ibig mong sabihing *paano*?"

Napaisip ako. **"Anong gagawin mo?"**

"Mahirap 'yan, ah? Your Mom's my first and last love." Tatangu-tangong aniya pa, lalo tuloy akong namangha. **"Noong una ay hindi ko rin siya gusto ngunit umabot ako sa puntong naranasan ko ang nararanasan mo ngayon. Kinuwestiyon ko rin noon ang sarili ko."**

"But this one is not common, Dad, this one is not normal." Turo ko pa sa dibdib ko.

"Hahahaha! Normal ang magkagusto at magmahal, anak. Parte 'yan nang buhay ng tao."

"Naalala ko noong magkakilala kami ng Mommy mo," nakangiti pang aniya 'tsaka tumingin sa kisame na animong inaalala ang mga pangyayari. **"Ako ang pinakamayabang na estudyante noon sa campus at siya naman ang pinakasikat... na *loser*, hahahaha!"** Puno nang kumpiyansang aniya. **"She was wearing braces back then, nakakatawa dahil hindi talaga bagay sa kaniya. Napakaloko ko noon, gaya mo ay hilig ko rin ang mambuyo ng mga babaeng kaeskuwela ko."**

'Hindi na ako magtataka kung bakit ganito rin ako ngayon, Dad.'

Ibinahagi sa 'kin Daddy ang istorya nilang dalawa ni Mommy. May mga oras na tatawa tawa kaming pareho at may mga oras namang namamangha ako sa mga nangyari sa kanila. Hindi ko alam ang tungkol sa mga bagay na ito dahil nasanay akong wala sila. Noong mga panahon namang nandito sila ay masiyado pa akong bata at wala pang nagugustohan.

Hindi ko rin alam kung bakit naikukumpara ko sa mga sinasabi niya ang mga nangyari sa pagitan namin ni Taguro. Malaki ang pinagkaiba pero ewan ko ba kung bakit kinakikitaan ko ng pagkakapareho.

'Tch! 'Wag kang mag-imagine, Deib! Magkaiba sila ng Mom mo, okay? Madaldal si Mommy, wirdo naman si Taguro! Tsk!'

"Hanggang sa nagalit nga siya sa 'kin dahil nalaman niyang pinagpupustahan lang namin siya." Malungkot pang dagdag ni Dad. **"Umiwas siya sa 'kin noon at doon ko nalaman ang halaga niya. Na mahal ko na pala siya."**

'Umiwas?'

"Alam kong nalilito ka sa nararamdaman mo ngayon, minsan ko na rin kasing kinuwestiyon ang sarili ko kung may *gusto* ba talaga ako sa Mommy mo? Minsan na rin akong nalito dahil hindi ko matanggap na ako iyong nanloko pero ako iyong unang nahulog."

"Pero, Dad, iba 'yong sa akin."

"Hahahaha! Paanong iba naman?"

"Hindi ako sigurado kung tama ba 'yong hinala ko t-tungkol sa nararamdaman ko, Dad."

"Ganon nga iyon, Deib Lohr, ano ka ba? Uulitin ko. Minsan na rin akong nalito sa naradamaman ko noon para sa Mommy mo at iyon mismo ang nararamdaman mo ngayon, anak."

"Eh, hindi naman po ako s-sigurado kung gusto ko talaga siya, Dad." Pamimilit ko pa.

"Hindi mo na kailangang siguraduhin pa, Deib, Lohr. That fact that you're thinking, it means that you're already confused about what you're feeling towards this person. Nalilito ka na dahil alam mong may nagbago at ang pagbabagong iyon ay ang nararamdaman mo. May nararamdaman ka na sa kaniya."

"W-Wala akong makitang dahilan para maramdaman ko 'to. Hindi 'to tama, Dad, mali 'to."

"Ano ba ang basehan mo ng tama at mali pagdating sa nararamdaman mo?" Nakangiting tanong niya at napailing naman ako. **"Maaaring may mga gaya mong iba ang basehan ukol sa nararamdaman nila at di tulad ng mga nakasanayan na. Hindi mo maitatanggi sa 'kin na iyang ikinikilos mo ngayon ay senyales na alam mong *gusto* mo siya. Tumatanggi ka lang talaga."**

"H-Hindi puwede, eh," ngitngit ko. **"Hindi ko alam kung anong nagustohan ko sa kaniya! Kailangan ko nang dahilan!"**

"Puwede ko bang malaman kung sino iyang masuwerteng babae na nakakapagpagulo sa isip ng unico hijo kong guwapo?" Natatawa at

nanunuksong aniya.

Nag-iwas ako ng tingin. **"H-Hindi mo kilala, Dad,"** pagsisinungaling ko.

"Mm, sad to hear that. So when can we meet her?"

"No!"

"Hahahaha! I was just joking. Hindi na kita kukulitin." Humahalakhak pang aniya at napabuntong-hininga naman ako sabay nguso.

"Hindi ko maintindihan ang sarili ko, hindi siya 'yong tipo ng babaeng magugustohan ko pero... iyon talaga ang nararamdaman ko ngayon,"pagpapakatotoo ko at biglang natigilan si Dad. **"Hindi ko maamin sa sarili kong gusto ko siya dahil hindi ko matanggap na may gusto ako sa hambog na gaya niya. Tch. Wala sa kaniya iyong mga gusto ko sa isang babae, ang pangit ng ugali niya--nang personalidad niya. Ang lahat lahat sa kaniya ay ayaw ko kaya nalilito ako, Dad."**

"Dahil ba kaaway mo siya?"

Parang huminto ang tibok ng puso ko dahilan upang maging ang paglunok ko ay marinig ko. Napatitig ako kay Dad na animong naghahanap ng sagot.

'Paano niyang nahulaan iyon?'

Natutulirong nag-iwas ako ng tingin sa kaniya. Pakiramdam ko ay nasagot ng tanong na iyon ang ilan sa mga bumabagabag sa 'kin.

"Kaya ba hindi mo matanggap sa sarili mong may gusto ka na sa kaniya ay dahil kaaway mo siya?" Paglilinaw pa ni Dad.

Hindi lalo ako nakasagot. Pakiramdam ko kapag nagsalita ako ay mahuhuli niya kung sinong tinutukoy ko. Sandaling katahimikan ang nangibabaw muli sa pagitan namin ngunit hindi ko magawang iangat ang paningin ko sa kaniya. Bigla akong nabalisa at nakaramdam ng hiya. Maaaring dahil hindi pa namin ito kailanman nagawa, ang mag-usap tungkol sa babaeng nagugustohan ko. Maski noong magustohan ko si Kim ay hindi ko nakausap si Dad tungkol sa kaniya.

"I guess you're not yet ready to share you thoughts, Deib Lohr, I can understand you," nakangisi ngunit sinserong aniya. Pakiramdam ko ay tinutukso ako ng mga tingin niya. **"Hindi mo kailangang magmadali, hijo. Just take it easy, don't pressure yourself. Dahil kusa ka namang sasagotin nang sarili mo. Ah, yeah, get some rest. Bumaba ka para sa hapunan."** Aniya 'tsaka tinapik ang balikat ko't lumabas nang kuwarto.

Pakiramdam ko tuloy ay naisip niyang ayaw ko lang talagang magkuwento. Masiyado lang kasi talaga akong natakot, baka kapag nagsalita ako ay mahulaan niyang si *Taguro* ang tinutukoy ko. Kapag nangyari 'yon, hindi lalo ako titigilan ni Mommy nang katutukso, gayon na rin si Manang. Panigurado namang magwawala sa galit si Noona dahil alam kong hindi siya boto kay Taguro. Ilang beses niya na rin akong tinanong tungkol sa nararamdaman ko para hambog na iyon pero matagal akong naging bulad at manhid sa tunay na nararamdaman ko.

'Nakakainis!'

Nahiga muli ako sa sofa, ipinatong ko ang braso ko sa noo. Pakiramdam ko ay napagod ako nang higit pa sa ginawa ko.

"Deib, baby?" Ginising nang tinig ni Mommy ang diwa ko. **"Anak, gising na."**

"Mm..." Ungol ko.

"Gising na, baby, baka ma-late ka na."

"Mm..." Ungol ko pa 'tsaka bumaling patalikod sa kaniya.

"Deib, baby, it's 7:00 AM already."

Naimulat kong bigla ang mga mata ko.

'A-Anong 7:00 AM? Anak ng..'

"Mommy!" Napabalikwas ako nang bangon at napatingin sa hinihigaan ko.

"Hindi ka na namin ginising ng Dad mo kagabi dahil napasarap yata ang tulog mo. Hihihihi! Ang bigat mo raw kasi, hindi na niya kayang buhatin kaya diyan ka na lang namin hinayaang matulog. Okay ka naman ba?"

Hindi ako nakasagot, naisip ko kung bakit ang haba ng itinulog ko. Kumakalam na ang tiyan ko at naririnig ko na 'yon.

"Nagugutom ka na ba, baby?" Tanong pa ni Mommy. **"Nagugutom ka na nga, hihihihi! Eh, paano naman kasi ay hindi ka nagdinner kagabi. Pagod na pagod ka siguro sa school?"**

'Absent nga po ako noong hapon, eh, tsk.'

"Oh, sige na, baby. Magprepare ka na for school. Pagbaba mo ay nakaready na ang breakfast mo, nagluluto na si Mommy. Baka masunod iyon, I'll wait for you."

Bumangon ako at tiningnan ang kabuuan ko, kung anong suot ko kahapon ay iyon pa rin ang suot ko ngayon. Sa sofa ako nakatulog kung

ganoon at paniguradong sila Mom at Dad na lang ang naglagay ng unan at kumot.

Nakangiti at iiling-iling akong pumasok sa banyo upang maligo. Pakiramdam ko ay gumaan ang pakiramdam ko ngayon hindi gaya kahapon na parang pasan ko ang buong mundo.

Nang matapos akong makapaghanda at agad akong bumaba. Dumeretso ako sa dining area at nakangiting sinalubong ang lahat nang nandoon.

"Good Morning," bati ko sa kaniya. Lumapit ako kay Mommy para humalik. **"Where's Dad?"**

"Mm, may meeting sila ni Chairman. Doon na lang daw siya magbebreakfast. Ala mo naman si Chairman, ayaw niya ng late at gusto niya ay kakain kapag may nakahandang pagkain," paliwanag ni Mommy at tumango naman ako. **"Next week na ang inter high ninyo, manonood kami! Yiiieee! More picture!"**

"Oo nga, Mom," natatawang tugon ko.

"Aba, eh, galingan mo, hijo, para champion uli kayo. Maging inspirado ka. Hehehehe!" Nangingiting ani Manang.

"Opo, Manang."

'Paano ba ako magiging inspired ngayon? Tch! Nakakainis!'

Mabilis kong tinapos ang agahan, pero hindi gaya kahapon, nanlulumo akong pumasok ngayon. Bumalik ako sa kuwarto upang kunin ang gamit ko at nang palabas na ako ay nagulat akong makita si Noona na nag-aabang sa paglabas ko.

"Anong ginawa mo rito?"

"Bakit hindi ka raw pumasok kahapon?" Nakataas ang kilay na tanong niya.

'Tch. Gaya nang inaasahan, Deib, makakarating talaga sa kaniya 'yon.'

Bumuntong-hininga ako. **"Hindi maganda ang pakiramdam ko,"** pagsisinungaling ko.

"Pero ang sabi ni Manang ay eksakto sa oras nang uwian mo nang umuwi ka, saan ka pa nagpunta?"

"Nagpahangin lang," napapakamot sa ulong tugon ko.

"Nagpahangin? Masama ang pakiramdam mo pero nakuha mo pang magpahangin?"

"Oo, pakiramdam ko kasi ay hindi ako makahinga," pagpapakatotoo ko.

Natigilan naman siya. **"Huh? Are you okay?"** Nag-aalalang tanong niya.

"Yes, I'm okay now. Thanks."

"Ano ba kasing ginagawa mo?"

"Okay na ako, Noona. Papasok na ako, baka ma-late ako."

"Sigurado ka bang okay ka lang?"

"Oo naman, yes!" Maganang tugon ko. **"Sige na, see you later!"**

"Ingat."

'Paano ko kaya siyang haharapin ngayon?'

Nanlumo agad ako nang marating ko ang kotse ko. Pakiramdam ko ay kinakabahan na ako ngayon mismo. Hindi ko alam kung paano kong haharapin ngayon si Taguro.

'Nag-aalala rin kaya siyang gaya ko? Tsk.'

"Sana kasi ay hindi niya na lang ako nakita kahapon, okay lang sana kung narinig ko 'yung sinabi niya basta hindi niya ako nakita," nanlulumong bulong ko. **"Kasalanan ito ni Dragona--kung hindi niya ako pinalabas ay hindi ako mapupunta ro'n! Eh, di sana ay wala akong narinig at hindi ako nakita! Eh, di sana... hindi ako nagkakaganito ngayon,"** napapabuntong-hiningang bulong ko.

Binuksan ko ang makina at kasabay niyon ay ang pagbukas din ng music player ko.

♫ ♪ ***"You tell me you're in love with me, like you can't take your pretty eyes away from me. It's not that I don't want to stay, but everytime you come too close, I move away. I wanna believe in everything that you say because it sounds so good. But if you really want me, move slow. 'Cause there's things about me you just have to know."*** ♪ ♫

Agad akong natigilan. **"Peste... lagi ka na lang tumutugtog, ah? Bakit ba ikaw?"** Singhal ko sa player 'tsaka nagsimulang magmaneho.

Nayayamot na pinakinggan ko ang kanta kasabay ng pag-intindi sa liriko nito.

'Tch. There's things about you that I have to know? Tch! Ano pa bang kailangan kong malaman sa 'yo? Puro kababalaghan ang nalalaman ko tungkol sa 'yo--pati tuloy nararamdaman ko... kababalaghan na para sa 'kin! Tsk!'

Nagpatuloy ako sa pagmamaneho at pakiramdam ko ay kinakausap ako ni Britney Spears. Para bang sa 'kin niya sinasabi ang bawat lirikong inaawit niya.

'Be with you day and night? To hell with that! I don't want to be with you! Tch! Buong pagkatao mo ay ayaw ko! Peste!'

Lalo kong tinapakan ang selinyador at inis na nagpatuloy sa pagmamaneho, pakiramdam ko ay bumabagal ang segundo ko.

'Bakit ganito ang nararamdaman ko?'

Bumigat na naman ang dibdib ko. Parang may parte sa pagkatao kong nanghihinayang sa t'wing maaalala ko 'yong sinabi niyang hindi niya ako gusto.

'Wala kang gusto sa 'kin? Wow! Ikaw pa talaga ang nagsabi niyan, ah? Walang gusto? Tch! Sa guwapo kong 'to? Hindi mo ba naririnig ang lahat nang nagsasalita sa paligid mo? Halos ang lahat ay crush ako--maliban kay Lee, siyempre. Tapos ikaw... Tch! Kunsabagay, hindi naman kita kawalan. Hindi ka maganda para sa 'kin kahit pa sabihin ni Lee na maganda ka. Hindi ka rin sexy--mas lalong hindi ka sexy! Hindi ka rin mabait at lalong hindi ka thoughful! Hindika masarap kausap at hindi interesting! Hindi ka... h-hindi ka... Aissh! Wala sa 'yo lahat! Wala lahat! Lahat lahat!'

Nang marating ko ang parking lot ay nakaramdam na naman ako ng pagod, napakalapit ng pinanggalingan ko pero parang ang tagal kong nagmaneho.

"Kung hindi mo ako nagawang gustuhin, magagawa ko rin 'yan, Taguro. 'Wag kang mag-alala! Akala mo ay ikaw lang? Tch! Ang dali mo kayang ayawan!" Pangungumbinsan ko pa sa sarili ko bago bumaba ng kotse. **"Unang una ay wala akong dahilan para magustohan ka. Pangala ay hindi naman ganoon katindi ang nararamdaman ko para hindi ko ito mapigilan! At pangatlo!... p-pangatlo..."** Napaisip ako at itinuon ang tingin manibela. **"Wala nang pangatlo!"** Bulalas ko. **"Basta--ayaw ko sa 'yo! Hinding hindi magtutuloy itong nararamdaman ko dahil kayang kaya kong pigilan 'to, Taguro! Simula ngayon.. OO! Simula ngayon ay iiwasan na kita! Tama! Tutal, parati ka namang sumusulpot sa harapan ko kung kailan hindi ko inaasahan, 'di ba? Hinding hindi mo na ako makikita! At sinasabi ko sa 'yo... makikita mo! Mawawala rin 'tong nararamdaman ko!"** Dinutdot ko pa ang dibdib ko at saka taas-noong bumaba ng kotse.

Huminga ako nang napakalalim at sa sobrang lalim ay kinailangan ko pang pumikit.

'Inhale.. Exhale--Ha! Inhale.. Exhale--Ha! Inhale.. Exhale--Ha!'

"Anong ginagawa mo?" Nangibabaw ang napakapamilyar na boses at kamalas malasang iyong oras pa kung kailan malaki ang pagkakabuka nang bibig ko.

Dahan dahan akong napalingon sa likuran ko at nagtama ang paningin namin ni Taguro!

"A-Anong ginagawa mo riyan?" Utal na tanong ko habang nakaturo sa mukha niya.

"Eh, ano ring ginagawa mo riyan?" Nagtatakang tanong niya.

"B-Breathing exercise ang tawag doon," napapahiyang tugon ko 'tsaka nag-iwas ng tingin sa kaniya.

'Badtrip! Baka isipin pa niya ay mukha akong tanga! Tsk!'

"Tss," natatawang singhal niya kaya pinanlisikan ko siya ng mata.

"Umalis ka nga riyan!"

"Geh, tuloy mo lang 'yang paghinga-hinga mo riyan." Pigil ang tawang aniya pa. **"'Yan ang trip, walang pinipiling oras."** Dinig kong bulong niya pa habang bumababa sa motor niya't isinasabit ang bag niya.

"Umalis ka na nga rito! Ayaw na kitang makita!"

Natigilan siya 'tsaka lumapit sa 'kin. **"Ayaw mo na akong makita?"** Salubong ang kilay na tanong niya. Ikinagulat iyon pero hindi ako nagpahalata.

"O-Oo, ayaw na kitang makita!"

"Tss. Baka himatayin ka biga?" Puno nang kayabangang aniya at napamaang naman ako.

"A-Anong sinabi mo?"

"Wala. Geh, continue.. Inhale... Exhale... Inhale... Exhale..." Sarkastikong aniya pa habang ikinukumpas ang mga kamay niya sa ere papasok sa campus.

Huminga ako nang napakalalim habang masamang masama ang tingin sa kaniya. Pakiramdam ko ay pinagtatawanan niya pa ako habang naglalakad siya papasok! Nang hindi ko na siya makita ay 'tsaka ako pumasok sa loob.

'Sinabi ko nang iiwasan ko siya--bakit sumulpot agad? Nakakainis!'

"Hoy, baklang Deib Lohr!" Nangibabaw ang malanding boses ni Tob eksakto nang marating ko ang Batibot.

"Ano!?"

"Hala, galit pa rin? Hahahaha!" Pang-aasar niya ngunit hindi ko na siya pinansin. **"Anong nangyari sa 'yo kahapon? Nawala ka bigla! Ano, ha? Siguro--"**

"Tob, please..." Nawawalan nang pasensiyang pakiusap ko.

"Sus! Baka naman... Naaaay!" Mapanuksong buyo niya pa. **"Ikaw, ah? Balita ko kasi ay pareho kayong nawala na parang bula ni Taguro! Hinahanap rin siya sa 'kin nila Michiko at napansin din nilang hindi ka namin kasama. Kaya naisip naming baka *magkasama* kayong dalawa! Anong nangyari, ha?"**

"Wala."

"Sus! Kunyari ka na, dre, bwahahaha! Putsa, anong ginawa niyo? Nag-date kayo, 'no?"

"Wala nga!"

"Ulol! Sinong niloko mo? Sa akin ka pa ba naman maglilihim, Enrile?"

"Hindi nga kami magkasama--bakit ba ang kulit mo?!"

"Hoy! Hindi mo ako maloloko!"

"Tob, ano ba?" Inis na talagang asik ko. **"Wala ako sa mood! Parang awa mo na, kahit ngayon lang! Bilang kaibigan mo--tigilan mo ako, kahit ngayon lang!"**

"Psh! Wow, ah? Bilang *kaibigan*?" Sarkastikong tanong niya at doon ako natigilan. Nakangisi siya ngunit bakas ang inis sa mga mata niya. **"Ngayon--*kaibigan*? Ulol! Magdamag kang wala kahapon at mukha akong tanga kahahanap sa 'yo! Nag-alala kami sa 'yo! Naka-ilang tawag at texts ako pero maski isa, may sinagot ka ba? Wala! Tapos ikaw pa ang galit? Sapakin kaya kita?"** Halatang naaasar na sigaw niya.

Hindi ako nakasagot at nagbaba na lang ako ng tingin. Hindi ko man lang naisip na puwede silang mag-alala. Pero iyon talaga ang kailangan ko kahapon. Ang mapag-isa.

"Sana kung may pinagdaraanan ka, kaming dalawa ni Lee ang unang makaalam. Kung natatakot kang dumaldal ako o mag-ingay, eh, di kahit kay Lee na lang?" Sumbat niya pa. **"Putsa, dre, hanap kami nang hanap sa 'yo kahapon tapos ngayon ay ganiyan ka? Loko ka, ah!"**

"Tob..."

"Ewan sa 'yo, badtrip ka."

Nainis ako sa sarili ko dahil hindi ko masabi sa kaniya ang tunay na dahilan kung bakit ako nawala kahapon. Natatakot kasi ako magiging reaksiyon niya, ayaw kong mapahiya.

"Sabihin mo lang kung saan ka nagpunta, okay na ako," bulong niya.

Napanguso naman ako. **"Nagpunta lang ako sa garden."**

"Anong ginawa mo sa garden?"

'Hindi magtatagal at darami ang tanong nito, hanggang sa malaman niya ang lahat, Deib. Oo, 'yan si Tob, eh. Tsk.'

Tumikhim pa ako 'tsaka nag-isip.

'Kaibigan ko naman siya, bestfriend pa nga, eh! Hindi naman siguro masama kung ikukuwento ko sa kaniya kung ano talaga ang totoo. Tutal, kahit ganiyan naman si Tob, mapagkakatiwalan siya at bibigyan ka pa ng advice. Oo, tama, Deib, tama!'

"Pumunta ako ro'n para makapag-isip isip."

"Nang ano?" Takang tanong niya. Pakiramdam ko naman ay nanghina agad ako nang dahil sa tanong niya napaupo ako sa bench doon.

"Tungkol kay Taguro," bulong ko at kumunot naman ang noo niya. **"I guess you're right."**

'Sana ay tama itong ginagawa ko dahil kapag nakarating kay Taguro ang nararamdaman ko--wala nang kaiba-kaibigan!'

"Right about what?" Inosenteng tanong niya pa.

"Tsk, I guest you're right. I think I l-like her."

"Whaaaaat?"

"Tch! manahimik ka, Yanai, ah!" Singhal ko. **"Kapag 'yan lumabas, yari ka talaga sa 'kin!"**

"Bwahahahahahaha!" Buong puwersa siyang tumawa, nakahawak ang kanang kamay niya sa tiyan habang ang kaliwa nama'y nakaduro sa 'kin. Tumitingala pa siya sa langit sa sobrang pagtawa.

'I knew he's going to do this. Badtrip.'

"A-Ano ba? Maupo ka nga!" Suway ko sa kaniya 'tsaka ko siya hinila sa tabi ko.

"Anak nang putsa, dre, bwahahahaha! Mag-iisip ka lang kailangang nasa garden ka pa?" Pang-aasar niya. **"Hahahaha! Bakit? Hindi ka ba makapag-isip dito, ha? Ang sosyal mo, ulol!"**

Sandali akong natigilan. Hindi iyon ang inaasahan kong sasabihin niya.

'Tch. Hindi niya ba ako aasarin tungkol kay Taguro?'

Nagtuloy siya sa pagtawa at nakanguso naman akong pinagmasdan siya.

"Nag-effort ka pang pumunta sa garden para lang makapag-isip? Hahahahaha! Ganon ka ba talaga ka-slow?"

"Ulol!" Singhal ko. **"Eh, sa ayaw ko rito, eh, bakit ba? At saka, anong nakakatawa ro'n? Hindi ka pa ba nakakapunta sa garden, ha?**

Tch!"Nakangusong tugon ko. **"H-Hindi ka man lang ba magugulat, dre?"** Nag-aalala at kabadong tanong ko.

Natigil naman siya sandali sa pagtawa. **"Magugulat saan, dre? Hahaha! Sa garden? Nyahahahaha!"**

"Tch! Tigilan mo nga 'yang pang-aalaska mo? Hindi ka ba magugulat doon sa sinabi ko? Tungkol kay T-Taguro..."

"Anong nakakagulat do'n?" Tanong niya at natigilan naman ako. **"Nakakatawa kamo! Pumunta ka pa sa garden para makapag-isip? Bago 'yan, dre, gawin nating trip! Weekly! Hahaha! Eh, ano ba si Taguro, ha, dre? Hehehe!"**

"Tsk! Bingi ka ba? Ang linaw linaw nang pagkakasabi ko kanina, eh! Uulitin ko pa tuloy!" Asar-talong singhal ko 'tsaka ako bumuntong-hininga. **"S-Si Taguro... sa tingin ko ay tama ka, may gusto ako sa kaniya."** Bulong ko. **"Putsa, kapag 'yan hindi mo pa narinig, bahala ka na!"**

"Ano?" Animo nabibinging aniya.

"Si Taguro... sa tingin ko ay may gusto ako sa kaniya!" Mas lumapit ako sa tainga niya.

"Ano ba! Nakakadiri ka!" Aniya na lumayo sa 'kin. **"Anong sabi mo, dre?"**

"Peste!" Sigaw ko. **"Hindi mo ba naririnig 'yong sinasabi ko o nananadya ka na? Hindi na! Hindi ko na uulitin dahil nakakailan ka na! Sa exam nga ay dalawang beses lang inuulit 'yong questions, eh! Ang ikli ikli no'ng sinabi ko--hindi mo pa marinig!"**

"Eh, bakit ba kasi galit na galit ka? Hahahaha! Hindi mo na kasi kailangang sabihin sa 'kin 'yan, dahil alam ko na!"

Natigilan ako. **"A-Alam mo na?"** Gulat na tanong ko at mayabang naman siyang tumangu-tango. **"Paano? K-Kailan pa?"**

"Diyos ko naman, Enrile! Malinaw ka pa sa *clear*, dre! Alam mo 'yon? Hahaha! Ang salitang *obvious* ay binuo para sa 'yo!"

"Kalokohan 'yan!"

"Dre, lahat ay nakamulat no'ng magkagusto ka kay Taguro! Ikaw lang talaga 'tong nakalutang sa tuwa at nakatanga sa kaniya! masiyado ka kasing nakafocus sa kaniya kaya 'ayan, ultimong sarili mo ay hindi mo napansin! Hahaha! Umabot ka pa sa garden para makapag-isip? Eh, dito pa lang sa BIS ay obvious ka na, ikaw lang talaga ang tanggi nang tanggi, dre!"

"Imposible 'yang sinasabi mo, Tob!"

"Look, dre..." Bigla siyang sumeryoso. **"Umpisa pa lang ay alam ko na dahil nararamdaman ko na."**

"Ha! Paano nga mangyayari 'yon, eh, alam mo naman kung paano kami nagsimula, 'di ba? Hindi kami magkasundo!"

"Kasi nga nasa denial stage ka, dre! Hahahaha! Ewan sa 'yo, hahaha! Ang linaw linaw, pinalalabo mo!" Nakangusong singhal niya. **"Pasalamat ka at absent si Lee, hahahaha! Kung hindi... pareho kaming nang-aasar sa 'yo ngayon!"**

"Wala pa akong balak sabihin kay Lee!" Singhal ko 'tsaka binatukan siya. **"Alam mo namang pinsan ni Kim 'yon, eh--sira ka ba?"**

"Psh! Tahimik lang si Lee pero hindi 'yon manhid! 'Kita mo nang superhero nga, 'di ba? Psh! Baka nga hindi mo pa nararamdamang mahal mo na si Taguro--eh, may kutob na siya? Hahahaha! Alam mo naman ang mga superhero, kakaiba!"

"S-Sinabi ko bang mahal ko na siya?!" Gitil na tanong ko. **"Hindi ka nakikinig nang maayos, eh!"**

"Hahahahaha! Masiyado kang defensive, dre!"

"Tch. Bakit absent si Lee?"

"Hindi raw siya makakapasok dahil susunduin niya ang Mommy't Daddy niya, may lagnat din siya." Aniya at tumango naman ako. **"Oh, continue! Ano na nga ba iyong sinasabi mo kanina?"**

"W-Wala! Kalimutan mo na 'yon, pumasok na tayo." Anyaya ko 'tsaka nagpaumunang umakyat sa building.

"Basta 'wag ka nang maglilihim sa 'kin, Enrile, dahil kapag nalaman ko sa ibang tao 'yang mga nararamdaman mo--nako! Lalatayan kita kahit sa puti ng mga mata mo!"

"Oo na!"

"Naks! Eh, di *sisimoy* ka na niyan?" Pang-aasar niya at natigilan naman ako.

"A-Anong sisimoy?"

"Iyon bang ginagawa nang mga girls diyan sa tabi tabi na sisimoy raw sila sa crush nila? Bwahahahaha! Sa tingin ko iyong 'yong palihim na pagsulyap kay Taguro? Bwahahahaha!"

"Ang korni!"

"Korni pero cute, hahaha! Psh! 'Wag kang maarte, dre, baka dagukan kita? Dumaan na ako diyan sa stage na 'yan kaya 'wag ka

nang maraming sinasabi, ah! Hahaha!"

Hindi na ako sumagot pa dahil lumalakas na ang boses niya, kapag nagtuloy kami sa pag-uusap ay paniguradong may makakarinig na sa kaniya. Nangiti ako nang maalala ko t'wing magpapasama sa 'min ni Lee noon si Tob, para lang makita niya si Michiko. Para siyang tanga kung kiligin, kalalaking tao.

Si Lee naman ay hindi ko pa nakikitang magkaganoon sa babae. Kunsabagay, wala pa naman siyang ipinakilala sa 'min na babaeng nagustohan niya. Kung meron man ay hindi siya naging tulad ni Tob, para lang kasi siyang walang imik at ngingiti ngiti.

'Pero... ano kaya talaga ang nararamdaman ni Lee para kay Taguro? May gusto rin kaya siya kay Taguro? Tsk! Nakakainis! Bakit kasi kailangang pati ako ay magkagusto sa kaniya--kung puwede namang si Lee na lang? Hindi naman siya maganda!'

Nagsimula ang klase nang nakalutang pa rin ang isip ko. Sa buong magdamag na itinakbo ng pagkaklase ay sa Math lang ako nakasunod. Pulos tanong pa rin ang laman ng isip ko at lahat nang iyon ay may kinalaman kay Taguro.

'Bakit kailangang ako pa? Ako pa talaga? Ang nag-iisang Deib Lohr Enrile na walang ginawa kung hindi ang mang-trip ng mga new students at mahalin si Kim? Si Kim na.. niloko lang ako. Tch.'

Sinasabi ng isip kong ayaw ko siyang makita kahit na alam kong imposible ang bagay na iyon dahil nasa iisang lugar lang kami. Gusto ng puso kong makita siya pero ayaw ko siyang pakinggang ngayon.

"Dre, tara sa mall niyo," anyaya ko kay Tob nang maglunch break na. **"Hehehehe! Treat ko!"**

"Oh, talaga? Bakit? Anong meron?"

"Binigyan kasi ako ni Daddy ng extra na allowance, kaya ililibre kita, kahit gaano karami! Hehehe!"

"Psh! Anong akala mo sa 'kin, walang pera? Hindi ako sabik sa libre, dre, at mas lalong hindi ko kailangang magpalibre sa 'yo dahil mall ko iyon, okay?"

'Tsk! Nakakainis! Hindi na lang makisama!'

"Dito na lang tayo, baka ma-late pa tayo sa afternoon class." 'Tsaka siya nagpaumunang maglakad papuntang Canteen.

Nakanguso naman akong sumunod sa kaniya at gaya nang inaasahan ko, hindi pa man ako tuluyang nakakapasok ay natanaw ko na sina Migz at BJ.

Batid kong anomang oras ay makikita ko na rin si Parrot at Taguro.

'Paano kong mapipigilan ang nararamdaman ko kung maya't maya ka namang magpapakita sa 'kin? Kung 'yong mga naunang araw nga ay hindi ko napansing gusto na pala kita, eh, paano pa ngayong alam ko na? Baka lalo lang tumindi! Badtrip! Kailangan ko talagang umiwas!'

"Michikoooo!" Nangibabaw ang sigaw ni Tob at bumagsak naman ang mga balikat ko.

'Badtrip talaga, oh! Wala pa naman si Lee! Tsk!'

Naupo bigla si Tob sa table nina Taguro at hinarap si Michiko.

"Hi, Tob! Hi, Deib!" Bati pa ni Michiko, pilit na ngiti at tango naman ang naiganti ko. **"Wala sina Max kaya dito na lang muna kayo sumabay sa 'min."**

"Ah, talaga? Nasaan sila?" Nakangising tanong ni Tob na sumulyap pa sa 'kin.

"Isinama sila ni Maxwell, sayang nga at hindi kami nakasama, eh, ito kasing si Migz!" Nakangusong tugon ni Michiko.

"Ano na naman, teh?" Singhal ni Migz. **"Ayaw mo no'n--kasama mo ang Tob ngayon? Kung sumama tayo sa kanila, eh, di hindi mo siya nakasabay ngayon? Arte nito! Eh, kayo? Bakit wala yata ang Papa Lee ko?"** Baling niya sa 'min.

"Sinundo niya kasi ang parents niya sa airport," tugon ni Tob. **"Maupo ka, dre,"** alok niya pa sa 'kin at nanlulumong sumunod naman ako.

"Ah, ganon ba? paparating pala ang Mama't Papa perobakit wala akong maalala?" Biro pa ni Migz.

"Nagka-amnesia ka, teh, no'ng inombag-ombag ka ng Lee dahil sa kabaklaan mo." Mapaklang tugon ni BJ sa kaniya at nagtawanan sila.

"Oh, eh, ano namang drama ng Mister Enrile? Tahimik-tahimikan lang?" Baling sa 'kin ni Migz.

"Nako, mukhang wala sa mood ang Deib!" Dagdag naman ni BJ.

"Aba! Dapat nga ay good mood ka dahil wala ang Taguro!" Natatawang biro pa ni Migz, inis naman akong nag-iwas ng tingin.

'Iyon na nga, eh! Dapat ay good mood ako pero... tsk! Nakakayamot isiping hindi ako masaya!'

Natahimik lang ang kalooban ko no'ng um-order kami ng lunch ni Tob. Tahimik lang ako't walang kibo hanggang sa makabalik kami't magsimulang kumain. Nakinig lang ako sa usapan nila.

"Sa Korean restaurant daw sila maglalunch kasama sina Mokz at Maxrill my loves," malanding ani BJ maya maya. **"Niyaya naman kami kaso hindi naman kami nakasama dahil may practice kami sa mga clubs namin. Sayang nga, eh, hindi ko pa man din nakakasama ang Maxrill my loves."**

"Ah, ganon ba? Sayang nga, mukhang hindi mo na siya makakasabay. Aalis din 'yon at babalik sa Korea, 'di ba?" Tanong ni Tob.

"Oo pero.. makakasabay ko rin 'yon, 'no! Hehehe! Kaya nga naging kaibigan ko si Max, eh, para mapalapit ako kay Maxrill! Hahaha!" Malanding ani BJ.

"Taray, 'ganda mo, ah?" Biro ni Migz.

"Nangangarap lang, bakla, bakit ba? Hahaha!"

"Bakla ka! Ang pangarap ay inaabot at naabot! Iyong sa 'yo, ambisyon! At ang ambisyon ay nagbabago! 'Yong sa 'yo--*naudlot*!"

"Baklang 'to! Ikaw rin naman ay hindi napapansin ng Lee!"

"At least ako, sinasamahan! Eh, ikaw? Iniiwasan!"

"Jijiera kang bakla ka!"

"Naman! Napasama ba naman ako sa 'yo, eh, *reyna* ka nang ka-jiji-an! Hahaha!"

Inis akong nag-iwas ng tingin sa dalawang bakla dahil hindi ko sila maintindihan. Nakakatawa naman ang mga sinasabi nila pero hindi ko magawang tumawa.

Matapos naming maglunch ay nauna ring umalis iyong tatlong magkakaibigan dahil may aasikasuhin pa raw sila sa clubs nila na may kinalaman sa partisipasiyon nila sa inter high. May kalahating oras naman kami ni Tob bago magsimula ang klase kaya niyaya ko siya sa labas para magkape.

At gaya ng inaasahan ko... doon nagtuloy ang pag-uusap namin tungkol kay Taguro. No'ng una ay naiinis ako dahil inaasar niya ako pero kalaunan ay napagtanto kong pinagagaan ng pagkukuwento ko ang bigat sa dibdib ko.

"Hindi ko kasi maintindihan, dre, kung paanong nagsimula," inis na kuwento ko matapos humigop ng kape.

Bumuntong-hininga naman siya. **"Paano mo kasi mapapansin 'yong nararamdaman mo, eh, inuuna mo 'yong galit mo kay Taguro? Psh."**

"Eh, sa iyon ang nararamdaman ko, anong magagawa ko? Tsk."

"Oo nga, pero hindi ba't binalaan na kita noon? Ang sabi ko ay baka ikaw ang magkagusto kay Taguro nang dahil diyan sa mga ginagawa mo. Anong nangyari? Eh, di nagkatotoo nga?"

"Tsk! Kaya nga naiinis ako, eh! Bakit nagkaganoon bigla?"

"Kasi nga... may mga nagawa siya sa 'yong hindi nagagawa ng kung sinu-sinong babae lang."

"Tulad nang ano naman?"

"Sshhk! Umpisa pa lang, dre, marami nang nagawa si Taguro sa 'yong *siya* lang ang may kakayahang gawin. Umipisang umpisa pa lang! Hindi ba't matapos mo siyang patirin ay sinapak ka niya? Sige nga, sabihin mo sa 'kin, bukod sa kaniya--sinong babae ang nakasapak sa 'yo? Sa pagkakaalala ko, dre, *wala* na."

"W-Wala na nga." Napapalunok nang tugon ko.

"Si Taguro lang din ang lumaban sa 'yo sa dami ng babaeng napagtrip-an mo, hindi ba?"

"G-Ganoon na nga."

"Siya lang din ang may kakayahang balewalain ang sama ng tingin at galit mo, tama?"

"O-oo nga."

"At higit sa lahat... siya lang ang kauna-unahang babaeng *nagligtas* sa 'yo sa gitna nang peligro," nakangiti ngunit sinserong aniya sa mismong mukha ko. Napatitig naman ako sa kaniya at agad na bumilis ang tibok ng puso ko. **"Dre, ni hindi ko man lang nga na-imagine na meron pala talagang ganoong babae sa mundo, eh, lalo na rito sa Lagune! Psh! Babae ang pinuprotektahan ng lalaki pero sa lagay mo, ikaw mismo ang prinotektahan ni Taguro."** Dagdag niya kaya mas napabuntong-hininga ako. **"Kahit ako ang nasa lagay mo ay ganiyan din ang mararamdaman ko."**

"Tch! Magkakagusto ka rin kay Taguro!?" Inis na tanong ko.

"Tingnan mo 'to, sinasampolan ka lang! Napakaseloso mo!"

"A-Anong seloso--hoy! Baka nakakalimutan mong *hindi* pa ako sigurado sa nararamdaman ko?" Asik ko at ngumiwi naman siya. Napatitig ako sa kaniya at saka napabuntong-hininga.

"Teka, dre.. 'wag naman katitig! Ang laswa, eh, usapang tropa 'to, walang baklaan!"

"Ano ba!"

"Joke lang! Ito naman!"

"Tch! Kahit kailan ay hindi ka makausap ng seryoso, Tob!"

"Hahahaha! Pinapatawa lang kita dahil masiyado kang seryoso. Baka lumuwa 'yang mga mata mo katititig sa kaguwapuhan ko? Hindi mo mababago ang mukha ko sa titig mo. At saka, puwede ba? Ano ba ang ikinagaganiyan mo? Para mag gusto lang--para ka namang pinagsukluban nang langit at lupa!"

"Eh, ayaw ko nga kasi nitong nararamdaman ko! Nadidiri ako!" Nakangiwing tugon ko. **"Hindi ko matanggap na nagkagusto ako sa kaniya!"**

"Sus! Kaya ka lang ganiyan dahil napahiya ka sa sarili mo. Sinasabi mo parati noon na hindi mo siya magugustohan pero heto ka ngayon, nagdradrama habang nagkakape. Napakagandang kombinasyon, Enrile! Hahaha!"

"Tch! Gusto kong mawala 'yong nararamdaman ko sa kaniya, dre." Sinserong usal ko at sumeryoso naman siya. **"Sa tingin mo ba ay mapipigilan ko pa 'tong nararamdaman ko?"**

"Blurred, dre," umiling pa siya. Kumunot naman ang noo ko.

"Anong blurred?"

"Blurred! Malabo! Sshhk! Kasi... kung ako man sa sitwasyon mo, kung walang Michiko? Mm, masasabi kong posible rin na magustohan ko si Max, kahit pa sabihin mong ganon ang personalidad niya at may gulo sa pagitan namin. 'Yong kaisa-isang mabuting bagay na ginawa niya sa 'kin, isang mabigat na dahilan na 'yon para magkagusto ako sa kaniya. Bibihira sa babae ang nakakagawa nang ganoon, dre! Alam kong tanda mo pa kung paano niya tayong iniligtas noon! 'Tsaka, 'wag ka ngang tanga't bulag? Maganda si Max! Ewan ko ba naman kung anong klase ng kataratang meron ka't hindi mo makita?"

'Nakit ko na! Hindi ko lang talaga matanggap!'

"Alam mo, dre? Hindi naman masamang magkagusto at mas lalong hindi naman bawal, kaya hindi mo kailangang magkaganiyan, okay?"

"Ayaw ko ngang magkagusto sa kaniya, bakit ba hindi mo maintindihan? Hindi ko matanggap," nakasimangot na tugon ko. **"Seryoso ako... ayaw ko nitong nararamdaman ko. Ayaw kong magtagal 'to kaya nagdesisyon na ako."** Dagdag ko at umarko naman ang kilay niya. **"Iiwasan ko si Taguro."**

"Ha?"

"Oo! Iiwasan ko na si Taguro!" Singhal ko at ipinakita sa kaniyang talagang desidido ako. **"Iiwasan ko na siya at sinasabi ko sa 'yo, dre, kung gaano kabilis akong nagkagusto sa kaniya--ganoon din kabilis mawawala itong nararamdaman ko!"**

"Hahahaha! Eh, ba--"

"HOP!" Pigil ko sa bibig niya. **"'Wag ka nang magbitiw ng salita, parang awa mo na, Yanai. Manahimik ka na lang at 'wag nang magsalita."**

"Bakit? Bwahahahaha! Mag-a-advice lang, eh."

"Hindi na, tama na 'yong mga sinabi mo kanina."

"Sige, ikaw ang bahala," ngingisi-ngising aniya 'tsaka humigop nang humigop ng kape.

Matapos naming magkape ay muli kaming bumalik sa klase. Gaya na naman kanina ay naglalayag ang isip ko at parang tamad na tamad ako sa buhay ko.

Buong magdamag na lang akong nagplano kung paano kong iiwasan si Taguro.

"Dito tayo dumaan, dre," 'yaya ko sa kaniya habang nakaturo sa kabilang gawi nang quadrangle.

"Bakit diyan pa? Dito na! Mas malapit dito, eh!"

"Dito na lang tayo, dre, may titingnan kasi ako."

"Psh! 'Wag kang tokis, dre! Alam kong parte 'yan nang pag-iwas iwas kay Taguro na sinasabi mo!"

"Alam mo naman pala, eh," nakangiwing tugon ko.

"Ang korni mo, dre, ikaw lang 'yong gustong umiwas bakit idinadamay mo pa ako? Nandoon si Michiko!"

"Eh, di doon ka na dumaan!"

"Dito na, hehehe, nandito na tayo, eh!" Kabig niya na itinulak pa ako papunta sa daang gusto ko.

Sandali pa kaming nagpaalaman sa nang marating namin ang parking lot. Pinilit kong hindi sulyapan iyong parking nang Taguro brothers kaya naman mapayapa akong nilisan ang lugar na 'yon.

'Kailangan ko talagang gawin 'to dahil para sa 'kin 'to. Kailangan ko talagang gawin 'to dahil para sa 'kin 'to. Kailangan ko talagang gawin 'to dahil para sa 'kin 'to. Kailangan ko talagang gawin 'to dahil para sa 'kin 'to. Kailangan ko talagang gawin 'to dahil para sa 'kin 'to. Kailangan ko talagang gawin 'to dahil para sa 'kin 'to.'

Paulit-ulit kong sinabi 'yon sa isip ko hanggang sa masaulo ko. Hindi ko itatanggi na meron sa loob kong gusto rin siyang makasama ngunit lamang ang kagustuhan kong maiwasan siya. Hindi ko talaga kayang tanggapin ang nararamdaman ko lalo pa't pinasasakit lang niyon ang ulo ko.

MAX'S POV

Pakiramdam ko ay nawawala ako sa sarili kong katinuan. Hindi maalis si Randall sa isip ko at gayon na rin ang naging pag-uusap namin ni Maze. Matinding panghihinayang at panlulumo ang nararamdaman ko sa t'wing maiisip ko ang kinahinatnan nang relasiyon naming dalawa.

'Kung maibabalik ko lang ang nakaraan... kahit sumuko ka pa, gagawin ko ang lahat nang paraang alam ko para ipaglaban ka.'

Maaga akong bumangon pero hindi halos ako nakatulog kaiisip. Ang mga kaibigan ko ay hindi rin ako magawang kausapin. Sinubukan akong payuhan nina Barb at Jep pero ni isa sa mga sinabi nila ay hindi ko pinakinggan. Ang malalaman na biro nina Boy at Beka ay hindi rin naging epektibo para umayos ang takbo nang sistema ko. Ang ibang mga kaibigan ko naman ay napapansin ang mga ikinikilos ko pero mas piniling hindi na lang kumibo.

"Max, breakfast na," anyaya ni Beka nang makababa ako at makapaghanda.

"Salamat, wala akong gana. Kayo na lang." Tugon ko.

"Max, naman? Tingnan mo, ang payat payat mo na? Paano kasi... imbes na isusubo mo na, ipinapasubo mo pa sa iba at kaming mga bakla 'yon."

"Beka, wala 'yon. Kakain ako kung gutom ako."

"Max, kung anomang pinagdaraanan mo ngayon, sana naman ay 'wag mo kalilimutang kailangan mo pa ring kumain kasi nag-aalala kami, eh. No'ng kami ang nasa sitwasiyon mo, nandoon ka para sa 'min, kayo ni Naih? Kaya ibinabalik ko lang sa 'yo ang tulong at kalingang ibinigay mo sa 'min nang baklang Boy noon," nangingilid ang luhang ani Beka habang hawak hawak ang isang platong kanin. Hindi ko siya maintindihan, wala akong makitang dahilan para sabihin niya ang mga ito ngayon. **"Kumain ka na naman, oh? Ilang araw ka na rin kasing hindi kumakain nang ayos."**

"'Oy, bakla!" Tawag dito ni Naih. **"Moment mo?"** Biro niya pa. **"Pabayaan mo si Maxpein dahil kakain 'yan kapag nagutom siya! Nag-iisip lang 'yan kaya 'wag kang OA!"**

"Ay, talaga? Diyos ko, ah? Mag-iisip lang, oras pa ang itinatagal? Ang slow mo naman?" Gulat na baling sa 'kin ni Beka at inis naman akong bumuntong-hininga.

Sa dami nang kaibigan ko, wala sa mga itong nakakaalam nang pinagdaraanan ko. Ugali ko nang sarilinin ang mga bagay bagay pero bukod doon, hindi ako nagsabi sa kanila dahil ayaw ko nang makaabala pa.

Bukod sa mga baklang ito ay nandiyan si Maxwell na lamang ang pagiging kaibigan bukod sa pagiging Kuya. Pero hindi ko magawang ibahagi sa kaniya ang pinagdaraanan ko dahil ayaw ko namang maipit siya dahil nanay niya ang kinamumuhian ko.

Si Naih na siyang pinakamalapit kong kaibigan ay pinag-aalinlanganan kong sabihan dahil alam kong mahihirapan lang siya kaiisip nang ipapayo sa 'kin. Hindi pa niya nararanasan ang ganitong klase nang problema. Batid kong gusto niya ring magtanong pero kilala niya ako masiyado, magsasabi ako kung gusto kong magbahagi nang kuwento.

'Tss, kung tulad lang sana nila akong may mga magulang na puwede kong sandalan kapag ganitong hinang hina ako at puputok na ang mga ugat kaiisip.'

Sa hindi maipaliwanag na dahilan ay biglang pumasok sa isip ko si Sensui. Napangiwi ako sa alalahinang iyon. Nangiti ako nang maalala kong hindi lang isang beses siyang nanatili sa tabi ko para pakinggan ang hinanaing ko. Madalang kong gawin 'yon tapos siya pa ang nandoon. T'wing makikinig siya ay talaga namang tutok na tutok siya sa lahat nang sinasabi ko. Parang batang nanonood nang paborito niyang kartuns kung makatitig siya sa 'kin.

'Na akala mo hindi rin ako ginago. Tss.'

Inalala ko iyong nanlulumong itsura niya no'ng oras na kumprontahin ako ni Kim.

'Tss. Ano nga palang ginagawa niya ro'n? Kalalaking tao, nakikinig sa bulyawan nang mga babae. Hindi kaya nabadtrip na naman siya sa 'kin dahil akala niya ay inaaway ko si Kim? Tss. Ilang araw ko na rin pala siyang hindi nakikita, hindi ko napansin.'

Parang ang lungkot lungkot nang mga mata niya at iyon ang unang beses kong makita 'yon. Naalala ko ang reaksiyon sa mukha niya at bakas ang pagkagulat doon.

'Anong nakakagulat sa katotohanang wala akong gusto sa 'yo, Sensui? Wala akong makitang dahilan para magulat ka nang ganon.'

Naalala ko rin ang mga sinabi ni Kim. Para siyang sirang plaka na paulit-ulit at mapilit. Hindi ko maintindihan kung bakit kailangan niya akong kumprontahin no'ng araw na 'yon, masama pa naman ang loob ko dahil sa nangyaring usapan namin ni Maze.

'Kung magsalita siya akala mo'y girlfriend siya ni Sensui at inaagaw ko ito sa kaniya. Tss. Bakit kasi hindi na lang siya magbaril sa sarili? Kunsabagay, hindi ko siya masisisi, guwapo nga naman si Sensui--kapag nawala, para kang nalugi.'

Guwapo si Sensui at napakalakas nang dating niya. Mayaman at may itinatagong bait din naman. Pero kahit hindi ko pa mabilang sa mga daliri ko ang magagandang personalidad niya, hindi rin ganoon kabilis mawawala sa isip ko ang lahat nang ginawa niya. Ilang beses niya akong ipinahiya at pinagmukhang kawawa sa harap nang mga tao.

'Aaminin kong hindi ka naman mahirap gustuhin... hindi nga lang din madali.'

Nangiti pa ako sa sarili kong isipin. Sa t'wing makikita ko siyang nakanguso ay parang napanood ko siyang lumaki simula pagkabata. Para siyang bata sa t'wing gagawin niya 'yon.

'Pero wala pa ring nagsabing gustohin mo siya, Maxpein. Tss. Kaya mahirap man o madaling gustuhin ang lalaking 'yon, labas ka ro'n.'

Pilit kong pinalis ang magulong isip ko at muling inalala na lang si Randall. Nandoon din siya no'ng oras na 'yon at hindi ko alam kung anong ginagawa nila ro'n. Mga lalaking mahilig makinig sa usapan ng mga babae.

Matapos kong magkape ay agad akong kumilos papasok sa school pero sa araw na 'to ay walang nangyaring espesyal. Galit pa rin si Chupan at napakaraming items ang ipina-quiz. Gaya kanina at no'ng mga nakaraan, hindi kami nag-uusap-usap ng mga kasama ko.

Pumasok ako sa TB matapos ang practice namin ng sayaw. Gusto kong ubusin ang lahat ng oras sa araw na 'to at pagurin nang todo ang sarili ko. Hinihiling kong sana pagkauwi ko, matutulog na lang ako at kasabay niyon ay mawawala ang lahat nang alalahanin ko.

Pakiramdam ko kasi ay hindi nila ako maiintindihan at sadyang ayaw ko lang talaga nang kausap. Parang sasabog ang utak ko sa dami nang laman na tanong at habang tumatagal ay lalong nadaragdagan. Hindi ko ugaling mag-isip nang mag-isip dahil kadalasan ay wala akong pakialam sa paligid ko pero ngayon, nalilito ako, masiyado akong apektado. Hindi ko alam ang gagawin ko at pakiramdam ko ay mag-isa ako. Para akong inapi kahit na

hindi naman. Parang ako ang may pinakamasakit na pinagdaraanan kahit na ang totoo, mas marami pa riyan ang mas masakit ang pinagdaraanan kaysa sa 'kin. Sadyang masakit lang sa pakiramdam ang idinudulot nang lungkot sa nararamdaman ko.

Mabilis na tumakbo ang oras at nagsawa rin ako kaiisip. Dinagsa agad kami nang customers kahit maaga pa, Biyernes kasi kaya hindi na nakakapagtaka. Tumulong ako sa kanila at ginawa ko kahit pa trabahong hindi naman nakaatas sa 'kin, gusto kong abalahin ang sarili ko buong magdamag.

Noong maggabi ay pinili kong sa bar kumilos, mas maraming tao kumpara sa gaming room. Kaaasikaso ko lang sa mga bagong dating, meron na namang mga parating.

"Max, table 8," ani Beka, kinuha ko naman ang tray at isinerve sa table na nabanggit.

"Wait, give me a bottle of water," bruskong utos nang lalaking nasa table 8, tiningnan ko naman siya. **"Bottled water, I said! Aren't you listening?"** Mayabang pang tanong niya.

Bumuntong-hininga ako't tinanguan siya. **"Tubig nga, 'yung nakabote raw para ro'n sa hambog,"** utos ko kay Manyur na siyang bartender ngayon.

"Oh..." Natatawang iniabot niya sa 'kin 'yon. **"Kumalma ka, Maxpein, kanina pa salubong ang kilay mo. Regular dito ang isang 'yan,"** inginuso niya 'yong lalaking nasa table 8. **"Si *Himan* 'yan kung tawagin namin ni Brian, kasi... *hingi-man* siya, hingi rito--utos doon! Hahahaha! 'Wag mo na lang pansinin!"** Aniya na tinanguan pa ako.

"Here's your water, Sir." Sambit ko nang mailapag ko 'yon sa table nila.

"Psh! Ang tagal!" Asik niya na pahigit pang kinuha 'yong bote. **"You're not familiar."** Aniya pa na sinipat ang kabuuan ko. **"Dati ka na ba rito?"** Tanong niya ngunit nanatili akong nakatingin sa kaniya. **"Hoy! Tinatanong kita kung dati ka na ba rito?!"**

"Just press the button for more orders, Sir," tugon ko 'tsaka tumango. **"Enjoy your stay."**

"Aba'y bastos ka na--mayabang ka pa!" Biglang sigaw niya.

"Hon, don't mind her." Pigil nang kasama niyang babae. **"Let's just enjoy."**

'Tss. Kung hindi ako pamilyar sa 'yo, malas mo. Iyang mukha mo ang bago sa paningin ko at hindi ako interesadong makipaghuntahan sa 'yo.'

Ngunit nang makabalik ako sa bar ay biglang umilaw ang LED lights nang table at upuan nila. Ibig sabihin lang niyon ay priness ang buton at kailangan kong lumapit uli sa kanila. Pinagmasdan ko pa muna ang *Himan* na 'yong magmukhang tanga kakakaway sa 'kin bago ako lumapit.

"Is there anything more that you need, Sir?" Pigil ang inis na tanong ko.

"One Pierre Ferrand, bitch," nakangising ani Himan.

"I'm sorry to disappoint you, Sir, but Pierre Ferrand is not available at the moment," mahinahong tugon ko.

"Then do something about it!" Mayabang na singhal niya at bahagya naman akong natawa.

'Minsan lang ako humingi nang paumanhin, tinanggihan mo pa. Nagkakasala ka sa patakaran nang hambog, bata. Tss.'

"Again, I'm sorry, Sir, but it is *not* available at the moment," pigil ang galit na pag-uulit ko.

"What?!"

"It's not available at the moment, Sir."

"Gago ka, bakit ba paulit-ulit ka!?" Sigaw niya, 'tsaka tumayo at hinarap ako. Tumingin siya sa mismong mga mata ko nang may galit. Mula sa kinatatayuan ko'y nalalanghap ko ang alak mula sa hininga niya.

"Dahil paulit-ulit ka rin, Sir." Malumanay pa ring tugon ko.

"Tarantado ka pala, eh! Nasa'n ang Manager ninyo? Gusto kong makausap ang Manager ninyo!" Sigaw muli niya at doon nagsimulang magtinginan sa gawi namin ang mga customers.

"H-Hon, please, let's just enjoy the place." Pakiusap nang babaeng kasama niya. Bakas ang magkahalong takot at pagkapahiya sa itsura nito.

"Oo nga, p're," dagdag pa nang isang lalaking kasamahan din nila. **"Hayaan mo na 'yan, iba na lang ang order-in natin."**

"Iyon ang gusto ko at iyon ang iinomin natin ngayon! Kung hindi mo ko bibigyan nang Pierre Ferrand ngayon--magwawala ako rito! Tawagin mo ang Mananger mo!" Sigaw ni Himan na dinuro pa ang mukha ko, kaya umiwas ako.

"I am the Manager," sumulpot mula sa likuran ko si Barb at hinarap sila. **"What is the problem here, Sir?"** Mahinahong tanong niya pa.

"Itong gagong server mo--mayabang kung sumagot sa 'kin! Napakabastos! Sinabi nang gusto ko ng Pierre Ferrand pero pilit niyang sinasabing hindi available!"

"I'm sorry, Sir, because it's unavailable right now. Please calm down, Sir."

"Calm down? Eh, gagago gago 'tong server mo tapos calm down? Stupid! Anong klaseng bar ba ito? Sikat na sikat pero kulang na kulang naman sa inumin! Pierre Ferrand lang--wala pa kayo? Hindi niyo ba ma-afford 'yon?"

"I am very sorry, Sir, naubusan lang po kami."

"Dapat ay parating may stocks! Paano na ako magsasaya niyan kung 'yong paborito kong alak ay wala rito? Walanghiya namang buhay 'to, nakakabadtrip! Wala na ngang kuwenta ang bar--wala pang kuwenta ang server! Pati ang Manager ay walang kuwenta!"

'Tss. Kasalanan pa ba nang bar 'yon?'

"Sir, please calm down, we're interrupting the other customers. I'm very sorry," muling pakiusap ni Barb.

"NO! Hell no!" Sigaw ni Himan na dinuro pa si Barb 'tsaka humarap sa mga taong nakikiusyoso sa 'min. **"Sino sa inyo ang naaabala ko, ha?"** Tanong niya sa mga ito. **"Sino? Tumayo ngayon at harapin ako! Sino sa inyo ang naaabala ko?"**

"Kaunting respeto naman sa ibang nandito." Mahinahong sabat ko na bahagya pang isinangga ang braso ko sa kamay niyang nakaduro sa mga tao.

"Tarantada ka pala, eh! Hindi mo ibinigay ang order ko tapos sasabihin mong irespeto ko ang ibang nandito? Nagtrabaho ka rito tapos ganiyan ang ugali mo! Ha! At gusto mong irespeto ko 'yong iba? Ako ba ay inirespeto mo? Bobo!"

"Wala nga ho kasi 'yong ino-order ninyo dahil wala nang stocks--"

"Wala akong pakialam! Dapat ay gumawa ka nang paraan para magkaroon!"

"Pasensiya na, pero hindi namin mapagbibigyan ang kagustuhan ninyo, Sir."

"Ano?" Asik niya. **"Gago ka talaga, 'no? Alam mo bang lahat nang bar na pinupuntahan ko ay iginagalang ako? Alam mo ba ang kasabihang *customer is always right*?"**

"Naiintindihan ko ho, pero hindi pa rin ho magiging available ang alak na gusto niyo kahit ipaglaban niyo ang kasabihang 'yan dito. Kung gusto niyo ho ay lumipat na lang kayo nang bar, baka sakaling available doon ang alak na gusto ninyo."

"Max, tama na." Halatang naiinis na bulong sa 'kin ni Barb. Bumuntong-hininga naman ako.

"Bobo ka ba? Nakita mo nang nag-e-enjoy na kami rito, tapos palilipatin mo pa kami?" Sigaw na naman ni Himan.

"Pero mas mag-e-enjoy kayo, Sir, kung ang iniinom ninyo ay ang Pierre Ferrand na gusto ninyo." Mahinahong tugon ko.

"Kaya nga maglabas ka nang ganoong alak ngayon para matuwa ako sa 'yo! Bilis!"

"Tss. Prangkahan na, Sir," nauubos ang pasensiyang sambit ko. **"Masiyadong *cheap* ang alak na gusto ninyo kaya naman hindi 'yon madalas maging availabe dito. Ang totoo nga, *ikaw* pa lang ang naghanap niyan. Ang brand kasi na iyon ay ino-offer lang namin para maubos. Meron kami riyan, Oval Vodka, 'yon na lang ang laklakin mo kung kakayanin nang bulsa mo."** Maangas na tugon ko at nagtangis agad ang mga bagang nito.

"Aba'y gago rin pala talaga ito, eh!" Sigaw niya at binuhat ang isang chair at akmang ihahampas 'yon sa table. Kaya naman agad akong lumapit upang pigilan ito. **"Ano? Papalag ka?"** Hamon niya.

"Oo, Sir, papalag ako." Tiim-bagang na tugon ko. **"Kanina ka pa pinakikiusapan pero masiyadong kang madada. Hindi nga available ang alak mo at wala kang magagawa! Kung gusto mo, umalis ka rito at magdamag kang maghanap nang Pierre Ferrand mo hanggang sa mamuti 'yang mga mata mo."**

"Anong--GAGO ka, ah!" Nagngangalit nang sigaw niya at umastang susugurin ako ngunit pinigilan siya ni Barb.

"Sir, please, nakikiusap ako. Nakakaabala na po tayo sa ibang customers. Sa tingin ko po ay lumipat na lamang kayo sa ibang bar at baka available doon ang order ninyo."

"Tumabi ka!" Sigaw niya 'tsaka tinabig si Barb, napalakas iyon dahilan upang kamuntikang ikatumba niya. **"Masiyado kang mayabang!"** Baling niya sa 'kin. **"Ano ba ang ipinagmamalaki mo, eh, serberdora ka lang naman?!"** Sigaw niya at hindi naman na ako sumagot. **"Kapag sinabi ko**

na 'yon ang order ko--wala kang ibang gagawin kung hindi ang sundin ako!"

"Kahit sundin kita--kung hindi talaga available ang alak na gusto ninyo, wala tayong magagawa pareho, Sir." Tugon ko.

"Meron! Kung maghahanap ka ngayon!"

Doon nag-init ang ulo ko. **"Paghahanapin mo ako nang alak na gusto mo para lang matuwa ka?"** Sarkastikong tanong ko. **"Eh, bakit hindi na lang ikaw ang magtayo nang sarili mong bar? Maglasing ka ro'n gabi gabi para matuwa ka, Sir."**

"Gago ka talaga, eh, 'no?!" Sigaw niya na umamba pa ngunit muling humarang si Barb. **"Gago ka!"**

"Sir, kami na po ang nakikiusap sa inyo, umalis na lang po kayo rito." Pakiusap ni Barb 'tsaka sinenyasan ang bouncer.

"Hindi! Hindi ako aalis dito hangga't hindi ko napapatay 'yang gagong serbedora ninyo!" Sigaw ni Himan. **"Ano? Lumapit ka rito! Masiyado kang matapang--akala mo kaya mo ako? Ha! Akala mo ba ay magagawa ka? Gago ka, ah! Bakit hindi ka makalapit?"**

"Kapag nilapitan kita... baka paglamayan ka?" Sarkastikong tugon ko.

"Max?" Saway sa 'kin ni Barb.

"Tarantado! Lumapit ka sa 'kin!"

"Sir!" Saway rito nang bouncer. **"Sa labas na ho tayo!"**

"Tumabi ka!" Itinulak niya ang bouncer at sinugod ako. **"Tarantado kang babae ka--akala mo kung sino ka--"** Hindi niya na nagawang tapusin ang sasabihin nang sapakin ko siya.

"BWAHAHAHAHAHAHAHAHAHA!"

"KALALAKING TAO--TALO KAY MAXPEIN, AMP! HAHAHAHA!"

"HINDI NAMAN TAMBAY 'YAN DITO, EH, MASIYADONG MAYABANG!"

Nangibabaw ang malakas na kantiyawan at tawanan nang mga nakakitang customers. Ang karamihan sa mga ito ay regular na dito kaya kilala na ako.

"Gago ka, ah! Bakit mo 'ko sinapak!" Galit na galit na tanong ni Himan.

"Masiyado ka kasing maingay." Kalmadong tugon ko.

"Anong ipinagmamalaki mo, ha?" Lalasing lasing nang tanong niya. **"Akala mo ba ay kaya mo ako?"**

"Baka ako ang hindi mo kayanin, Sir?"

"Max, please?" Naiinis nang pakiusap sa 'kin ni Barb.

Ngunit nang ibaling ko kay Himan ang paningin ko ay pasugod na ito. **"Tarantado ka!"** Sigaw niya pa at akmang sasapakin ako ngunit dinamba siya nang bouncer.

"BWAHAHAHAHAHAHAHAHAHA!" Mas nangibabaw ang malakas na tawanan nang mga customers.

"Lumabas ka na rito kung ayaw mong masaktan!" Pasigaw na utos nang bouncer.

"Hon, let's go, please!" Anyaya niyong babaeng kasama ni Himan.

"May araw ka rin sa 'kin!" Banta pa sa 'kin ni Himan habang hawak hawak ang likuran niya.

"Gabi na lang, Sir, mas malakas ako sa gabi." Pormal pa ring tugon ko 'tsaka tinanguan siya.

"Oo! Gago ka! Mayabang ka masiyado, ah? Yari ka sa 'kin! 'Wag kang magpapakalat-kalat dahil yayariin talaga kita!"

"'Wag kang magsalita ng tapos, Sir, pangit akong magalit." Nagtitimping tugon ko.

"Ha! Kakausapin ko ang may-ari nang bar na ito at ipasisibak kita!" Banta niya at kumunot naman ang noo ko. **"Sasabihin kong ayaw na kitang makita sa susunod na tatapak ako rito! Hindi ko kailangan nang gagong gaya mo sa bar na ito!"**

'Tss. Ano ba ang sinasabi niya?'

"'Wag kang mag-aalala, Sir, sasabihin ko sa sarili kong... hinding hindi ka na makakatapak pa rito at makakarating din sa sarili kong hindi mo ako kailangan dito." Sarkastikong tugon ko. **"Ako ang may-ari nang bar na ito."** Dagdag ko at napamaang siya. **"At sa susunod na maaninagan ko 'yang pagmumukha mo rito, Pierre Ferrand ang iaabuloy ko sa lamay mo. Labas!"** Asik ko at doon siya natinag.

Hinila siya nang bouncer bago pa siya makasagot.

"Max..." Usal ni Barb.

"Okay ka lang?" Tanong ko.

"Ayos lang ako pero.. ano ka ba? Bakit mo ginawa 'yon?"

"Nakakapikon na, eh."

"Kahit na."

"Kinausap ko siya nang maayos pero masiyado siyang bastos."

"Tsk, kinakabahan ako masiyado sa 'yo, eh, sa sobrang kawalan mo sa huwisyo--napapaaway ka nang todo. Kumalma ka rin naman sana." May bahid nang inis na aniya.

"Kalmado ako no'ng lumapit ako sa kaniya."

"Oo, pero no'ng huli'y halatang mainit na rin ang ulo mo."

"Walang matutuwa sa kaniya, Barb. Nakita at narinig mo naman 'yong mga sinabi niya, hindi ba?"

"Pero sana ay hindi mo na lang pinatulan. Alam mo namang sa patakaran natin ay customers ang parating tama, 'di ba?"

'Hindi ko siya maintindihan.'

"Sa kanila 'yon, Barb, hindi sa 'kin." Pagmamatigas ko.

Kumunot naman ang noo niya at bahagyang inilayo ako sa mga tao. **"Ano ba ang nangyayari sa 'yo, Maxpein?"** Kunot-noong tanong niya. **"Napapansin kong nitong mga nakaraan ay wala ka sa huwisyo pero sana ay hindi mo dinadala rito sa trabaho ang anomang pinagdaraanan mo."** Nangangaral ang tonong aniya. **"Ikaw itong matino, alam mong nakainom 'yong tao--pinatulan mo pa. Kung puwede ka namang magpakumbaba na lang at pagbigyan 'yong customer? Hindi ko maintindihan kung bakit kailangang makipagsagutan at makipagpayabangan ka pa sa kaniya, eh."**

"Tss. Hindi mo ko naiintindihan."

"Kahit naiintindihan kita, mali pa rin 'yong ginawa mo, okay? Naaapektuhan nang masamang huwisyo mo ang trabaho mo. Baka mamaya niyan, lahat nang customers ay madarag mo." Kunot-noong aniya pa 'tsaka tinalikuran ako.

'Tss. Inaalala mo na nga't lahat, ang dami pang sinasabi.'

Inimis ko ang mesang ginamit nina Himan 'tsaka inis na bumalik sa bar at iniabot ang tray kay Manyur.

"Sabi sa 'yo, eh," bungad sa 'kin ni Manyu. **"Gunggong 'yong Himan na 'yon, eh! Pagod nga parati si Brian kapag nandito 'yon!"**

"Hindi ko siya nakikita rito."

"Nasasaktohan kasing sa kitchen ka naka-assign kapag tambay 'yon dito." Nakangiwing kuwento niya pa. **"T'wing pupunta rito 'yon, 'kala mo laging sabog! Hahaha! Utos dito, utos doon! Nakakabadtrip lang minsan dahil para na lang siyang gumagawa nang paraan para mapagod ka. Gusto pa ay laging siya ang uunahin."**

'Tss. Kung ilang beses na rin pala siyang tumambay rito, bakit ganon pa rin ang reaksiyon ni Barb? Nakakapikon naman kasi talaga ng isang 'yon.'

"Hahahaha! Nagulat nga ako't kinailangan mo pa nang bouncer, akala ko kung napaano ka na, eh. Nakakagulat lang para sa isang lider nang sindikato na humingi ng tulong sa bouncer." Biro niya at ngumiwi naman ako.

Nagpaulit-ulit lang ang ginawa ko sa gabing ito. Serve dito at serve doon. Kuha nang orders dito at kuha nang orders doon.

Nang matapos ang lahat ay nagsara kami at saka sabay sabay na lumabas nang bar. Kasasakay ko pa lang sa motor ko no'ng lapitan ako ni Jep.

"Hoy," bungad pa sa 'kin nito. **"Anong nangyayari sa 'yo at pati si Barb ay dinadarag mo?"** Mapaklang tanong niya. **"At talaga namang ipinagmalaki mo pang *sa iyo* ang bar na ito, ah?"** Sarkastikong aniya.

Nag-init naman nang bahagya ang ulo ko. **"Oh, eh, ano'ng gusto mong gawin ko?"**

"Kahit ako ay hindi ko nagustohan iyong iniasta mo, Maxpein."

"Hindi ko rin naman sinabing gustohin mo, Jeffrey."

Bumuntong-hininga siya, nagpapasensiya. **"Max?"**

"Look, kung inaasahan ninyong kakalma lang ako sa harap no'ng lokong 'yon, hindi ko kayo mapagbibigyan. Nakita ninyo naman kung anong pinaggagawa niya, 'di ba? Kahit sino'y mababadtrip sa kaniya."

"Nandoon na ako, eh, pero ikaw ang mas matino. Nakainom 'yong tao. Alam mo namang lasing na, pinatulan mo pa." Nakataas ang kilay na aniya. **"Pati si Barb ay dinarag mo, nagtampo tuloy. Samantalang nag-aalala lang naman para sa 'yo 'yong tao dahil baka kung ano na naman ang mangyari sa 'yo."**

"Eh, di kayong lahat na ang tama at ako na ang mali. Masaya ka na?" Inis na tugon ko na ikinagulat naman nito. **"Sige na... 'tsaka na natin pag-usapan 'yan at masiyadong mainit ang ulo ko."**

"Sana... kung ano mang ikinaiinit niyang ulo mo, 'wag mo kaming idamay." Mapaklang tugon niya at natigilan naman ako. **"Sige na, ingat."** Aniya pa 'tsaka tinalikuran ako. Sinundan ko pa siya nang tingin bago ko tuluyang iminaniobra ang motor ko't nagpaumunang umalis.

'Tss. Ako ba talaga ang mali? Hindi ko maintindihan kung bakit hindi ko dapat ginawa 'yon. Tsk.'

Nang makarating ako sa bahay ay umakyat agad ako sa kuwarto para makapagpahinga. Matapos kong maligo ay 'tsaka ako bumaba sa kusina at

dinig ko ang bulungan nina Naih at no'ng mga bakla.

"Anong nangyari?" Bungad sa 'kin ni Naih. Hindi naman ako sumagot at kumuha na lang ako nang makakain at sinimulang sumubo. **"Balita ko'y kamuntikan ka nang mapaaway sa TB kanina? Ano na namang ginawa mo?"**

Nainis ako. **"Puwede mo rin munang pakinggan ang eksplanasyon ko, Naih."** Mapaklang tugon ko.

"Tinanong kita kung ano'ng nangyari, 'di ba? Sumagot ka ba?" Sarkastikong tanong niya. **"Psh! Umamin ka nga, Maxpein? Ano'ng nangyayari sa 'yo, ha? Ilang araw ka nang ganiyan, baka hindi ka aware. Psh."**

"Naih, hindi mo nakita ang nangyari kaya 'wag ka munang mag-isip nang kung anu-ano."

"Hindi ko nakita pero kilala kita! Kapag kinanti ka nang wala sa huwisyo ay mapapaaway ka talaga! Pero sana ay nag-isip ka rin muna bago ka kumilos! Alam mo namang nasa *bar* ka at talagang maraming lasing na customers na nakapaligid sa 'yo!" Singhal niya at itinigil ko naman ang pagsubo ko. Sumandal ako't bumuntong-hininga. Pakiramdam ko ay paulit-ulit lang ang mga sinabi nila. **"Ikaw naman itong matino, sana ay hindi mo na lang pinatulan kung nakakapag-isip ka pa nang tama."** May bahid pang-iinsultong aniya pa.

"Bakit ba kung magsiasta kayo ay parang maling mali naman 'yong ginawa ko?" Kunot-noong tanong ko. Ang dalawang bakla ay nakikinig lang at bahagyang nakayuko.

"Dahil ang wirdo nang mga ikinikilos mo nitong mga nakaraan! Kinakausap ka naman naming nang maayos pero wala kaming mahitang matinong sagot mula sa 'yo, tapos ngayon naman ay nakipagtalo ka sa lasing na customer? Diyos ko, anong trip naman 'yan, Maxpein?"

"Hindi ko rin maintindihan kung bakit kailangang ganiyan ka-OA ang mga reaksiyon ninyo. Parang hindi niyo pa naman ako nakikitang ganito?"

"Noon, oo! Pero hindi ang mga kaibigan mo ang ginaganito mo, Maxpein!" Asik niya at natigilan naman ako. **"Iyong mga ilang araw mong hindi pagkibo at pagsasagot nang pabalang at nakakainsulto ay mapapalampas ko. Pero itong pati sina Barb at Jep ay dinarag mo? Hindi. Pati ba naman sila ay dadaanin mo diyan sa kakaibang daloy ng**

utak mo? Hindi lahat ay kayang intindihin ka gaya nang pag-intindi namin sa 'yo." Sumbat niya.

Napapikit ako sa inis at pilit na nilulunok na lang ang mga sinabi niya.

'Hindi ko pa rin maintindihan kung bakit kailangang maging OA, Naih.'

"Hello? Baka nakakalimutan mong iilan ilan na lang ang tunay mong kaibigan? Alam mong iba ang ugali mo kumpara sa mga normal na tao! Psh! Aminin mo nga sa 'kin? Ano'ng nangyayari sa 'yo? Bakit ka nagkakaganiyan?" Usisa niya. **"Alam kong may nangyari na naman kaya ka nagkakaganiyan!"**

'Tss, alam mo naman pala, eh, bakit naninigaw ka pa?'

"Ano? Ngayon ka magpaliwanag!" Singhal niya pa.

"Nakakarindi ka," inis na tugon ko. **"Maski ngayon lang... naisip mo bang gusto kong magkaroon naman nang oras para sa *sarili* ko lang? Hindi ba ako puwedeng mag-isip nang mag-isa?"** Pigil ang galit na tanong ko at siya naman ang natigilan. **"Oo, alam kong wala ako sa sarili nitong mga nakaraan--bago mo pa mapansin 'yon ay napansin ko na. Hindi rin ako tanga para hindi maisip na nag-aalala kayo para sa 'kin lalo na't hindi ako nagsasabi sa inyo. Pero alam mo ring hindi ko ugaling ipaalam ang mga galaw at kilos ko. Ikaw na nga ang nagsabing kilala mo ako, bakit sunod sunod pa rin ang tanong mo?"**

"Gano'n ba kahirap sa 'yong mag-explain man lang? Talagang kailangan pang mangapa kami sa 'yo?"

"Tss. Kailangan bang lahat ay sabihin ko pa? Hindi ba puwedeng sarilinin ko na lang muna? Kailangan ba talagang lahat ay alam ninyo?"

Hindi siya nakasagot.

Salubong ang mga kilay niya habang nakatitig sa 'kin bagaman halatang nagulat siya. Ito ang kauna-unahang beses na pinagsalitaan ko siya nang ganoon kahaba at agad naman akong nakonsensiya. Nag-iwas agad ako nang tingin sa kaniya.

Sina Beka at Boy ay nanatiling nakatungo, nangangapa at napapahiya. Hindi nila magawang galawin ang mga pagkain nila dahil nararamdaman nila ang namumuong tensiyon sa pagitan namin ni Naih.

Matagal bago pa siya nakapagsalita ngunit dinig kong nakailang buntong-hininga pa muna siya. Pilit na nagpapasensiya.

"Sino namang kaibigan mo ang may napakagandang kapangyarihan para mahulaan kung ano'ng meron diyan sa utak mo? Wirdo ka nga,

'di ba?" Sarkastikong tanong niya. **"Kilalang kilala ka namin at alam namin ang takbo niyang isip mo pero wala kang kaibigan na may *super powers* para basahin ang *lahat* nang laman niyang utak mo. At talagang kami pa ang mag-a-adjust sa 'yo dahil lang sa kagustuhan mong mapag-isa? Paano naman namin maiisip na gusto mong mapag-isa kung hindi ka magsasabi? Natural lang na mag-alala kami dahil wala naman kaming kamalay malay sa mga nangyayari sa 'yo tapos biglang iiral 'yang pinakamataas na lebel nang kawirduhan mo!"**

Ako naman ang hindi nakasagot sa kaniya dahil nakuha ko rin ang punto niya. Ngunit hindi niyon nabawasan ang inis na nararamdaman ko. Inis na hindi ko rin maipaliwanag kung bakit ko nararamdaman nang sobra ngayon mula pa no'ng mga nakaraan.

"Look, maniwala ka man o hindi, naiintindihan kita. Pero Max, hindi lahat nang tao ay maiintindihan ka. Hindi lahat nang tao ay mag-a-adjust para lang mapagbigyan ka! Lahat nang tao ay may kani-kaniyang topak! Oo, gusto mong mapag-isa at makapag-isip? Pero hindi ba puwedeng magsabi ka muna? Para lang hindi kami *nag-aalala* sa 'yo! Kasi sa pagkakakilala ko sa 'yo ay hindi mo ugaling pag-alalahanin ang mga taong nakapaligid sa 'yo! Hindi kita maintindihan ngayon!"

'Hindi ko rin maintindihan ang sarili ko, Naih. Ang sama sama nang loob ko at wala akong gustong kausapin na kahit sino. Iyon lang ang alam ko.'

"No'ng banggitin sa 'kin kanina ni Barb na napaaway ka, nagulat pa ako dahil hindi ako makapaniwalang pati siya ay halos awayin mo na kung hindi ka lang nakapagpigil. Well, naisip kong dapat nga ay magthank you pa siya dahil ang hambog ay nakapagpigil pa. Hindi ako makapaniwala dahil parati ka namang nakikinig kay Barb, eh. Pero ngayong ultimong ako ay dinadarag mo? Sa tingin ko ay kailangan ko nang maniwala sa kaniya." Mapaklang dagdga niya.

Gustohin ko man ang mainis, hindi ko magawa, dahil naiintindihan ko ang lahat ng mga sinasabi niya at nakukuha ko ang mga punto niya.

'Ako ba talaga ang mali? Tss.'

"Hindi sa lahat nang oras ay tama ka at mali ang nasa paligid mo," nangangaral ang tonong dagdag pa ni Naih. **"Minsan naman sana ay mapansin mo rin 'yong mga maling nagagawa mo. Masiyado ka kasing perpekto sa paningin mo, eh."** Matabang pang dagdag niya. **"Ayaw mong maging mali. Hindi ka marunong tumanggap nang sarili mong**

pagkakamali. Kalmahin mo muna ang sarili mo, baka sakaling maisip mo rin kung sino ba talaga ang nagkamali."

'Tsk. Okay, ako na ang mali at kayong lahat na ang tama. Tss.'

Hindi na ako nagsalita at nakinig na lang ako sa mga pangaral niyang masiyadong makabagbag damdamin. Bibihira kaming magtalo ni Naih kaya naman nakakahiya sa pakiramdam ang ganitong sitwasyon.

"Kailan ka ba namin hindi naintindihan?" Singhal na naman niya sa mas matino nang paraan. **"Kung meron mang oras na hindi tayo nagkaintindihan, hindi rin tayo umabot sa ganito, Max. Maiintindihan nang lahat na mainit ang ulo mo at ayaw mong kinukulit pero 'wag mo naman kaming idamay sa init ng ulo mo. Matuto ka pa rin sanang kumalma, hindi lahat ay nadadaan sa init ng ulo. Hindi ka madaling basahin at hindi madaling hulaan ang lahat ng gusto mong mangyari kaya sana bigyan mo rin kami nang kaunting pang-intindi."**

"Naiintindihan mo naman pala ako, eh, bakit hindi ka na lang muna makisama?" Nagbabadya na ang galit ko. **"Oo, mainit ang ulo ko ngayon at may pinagdaraanan ako. Marami akong iniisip at pakiramdam ko ay sasabog na ang utak ko kaya sana rin ay 'wag ka nang dumagdag. Kung talagang naiintindihan niyo ako, 'wag na lang muna kayong sumabay. Kahit ngayon lang. Wala akong pakialam sa gusto ninyong isipin dahil sa oras na 'to, wala akong ibang gustong isipin kung hindi sarili ko lang. Sarili ko naman."** Mahinahon ngunit may galit na usal na siyang ikinabigla niya.

Nagtiim ang bagang niya. **"Pasensiya na, ah?"** Sarkastikong turan pa nia. **"Sobra sobrang adjustments pala ang kailangan mo, hindi kami prepared--"**

"Manahimik ka na lang, masiyado kang maraming sinasabi." Pigil ko sa kaniya 'tsaka ko ibinaba ang kutsara't tinidor na hawak ko.

"Okay. Aakyat na kami. Matulog ka na rin." May sama nang loob na tugon niya 'tsaka sila sabay sabay na tumayo at iniwan ako.

Naiwan ang paningin ko sa mesang kanina lang ay pinagsasaluhan namin ngunit solo ko na ngayon. Nagkuyom ang parehong kamao ko at mahinang naihampas 'yon sa mesa. Naiintindihan ko sila sa sarili kong paraan at aaminin kong sarili ko ma'y hindi ko maintindihan sa ngayon.

Alam kong nag-aalala lang sila pa sa 'kin, alam ko ring gusto lang nila ang makatulong. Pero gusto kong mapag-isa at sarilinin muna ang lahat

pero mukhang malabo. Masiyado silang tunay na kaibigan para pabayaan ako.

'Heto ang ginagawa mo sa 'kin, Maze. Sa ganitong paraan mo ginulo ang buhay ko. Hindi mo alam kung gaano kasakit ang pakiramdam nang mapaglaruan ang takbo ng buhay mo.'

Hindi ko na rin nagawang tapusin pa ang pagkain ko. Inimis ko ang hapag-kainan at hinugasan ang lahat ng nagamit na plato. Nagmuni-muni pagkapasok sa kuwarto ngunit dala nang pagod ay agad din akong nakatulog.

Kinabukasan.

Nagising ang diwa ko no'ng maramdaman ko ang sinag ng araw sa binti ko. Marahan kong iminulat ang mga mata ko at tiningnan 'yon. Namataan kong tirik na ang araw mula sa bintana ng kuwarto ko. Kumunot ang noo ko at nang sulyapan ko ang alarm clock ko ay napabalikwas ako nang bangon.

'Alas siete? Tsk! Bakit hindi ako ginising ni Naih?'

Dali dali akong kumilos upang maligo. May practice kami at hindi ako puwedeng mahuli. Sanay akong kumilos nang mabilis ngunit hindi ko akalaing may ibibilis pa pala ako. Sa loob ng sampung minuto ay natapos ko ang lahat at nasigurong wala nang naiwan.

Ikinagulat ko pa no'ng makababa ako't makitang walang tao sa bahay maliban sa 'kin. Pumunta ako sa kusina at nadatnang walang pagkain. Hindi ako sanay nang ganoon dahil parating nag-iiwan ng agahan sa 'kin si Naih t'wing mauuna siyang pumasok sa 'kin.

'Galit pa rin siya.'

Kaya naman kumakalam ang tiyan ko habang nagmamaneho papasok. Maging ang hapunan ko ay hindi ko nagawang tapusin kagabi dahil sa pagtatalo namin ni Naih.

Nangibabaw ang pangalan ko sa bulungan nang mga makasalubong at madaanan ko papasok sa campus. Kung hindi ako nagkakamali nang dinig ay pulos papuri ang sinasambit nila. Katakatakang ganoon na ang naririnig ko ngayon, hindi na gaya no'ng mga nakasanayan ko.

"WAAAAAA! 'AYAN NA SI MAXPEIN!"

"IDOOOOL!"

"PAPANOORIN KA NAMIN SA INTER HIGH!"

"WE WILL CHEER FOR YOU!"

"WE'LL SUPPORT YOU! WE LOVE YOU, MAXPEIN!"

Lalo kong ikinagulat ang sumalubong sa 'kin na kumpulan ng mga estudyante dahil ang bulungan ay naging hiyawan.

'Ano ba ang nangyari bigla? Bumabaliktad na ba ang mundo? Bakit ang babait naman yata sa 'kin nang mga ito?'

Dati ay *masasama*, ngayon ay pulos *papuri* na.

Dati ay *basura*, ngayon ay *idol* na.

Dati ay *pinagtatawanan*, ngayon ay ichi-*cheer* pa.

Dati ay *pinapalayas*, ngayon ay *susuportahan* na.

'Nananaginip ba ako? Tss.'

Hindi ko maintindihan kung matatawa ba ako o maiinis. Hindi ako natutuwa sa ginagawa nila at ang tingin ko sa kanila ay mga plastik.

Dumeretso na lang ako sa social hall dahil late na rin naman ako sa practice ng billards. Nasulyapan ko si Naih doon pero hindi niya ako nakitang dumaan. Nagpalit agad ako ng damit at sumabay kila Aenna na mag-ensayo.

"Hoy! Bongga ka, ah! Ex-boyfriend mo pala si Randall?" Nanunuksong bungad sa 'kin ni Jozh. **"Hindi ko alam na ganiyan pala ang katawan na bet niya, malaman at may mga taba taba, hehehe! Joke lang, bakla, peace!"**

"Gaga! Hindi pa raw mataba si Maxpein no'ng maging sila ni Randall," sabad ni Johara. Nitong mga nakaraan ay napakaraming nagulat sa katotohanang ex ko nga si Randall.

"Pero grabe, ah? Ang daming kinilig no'ng malaman na ex mo siya, bagay raw kayo, hehehe!" Ani Aenna. **"Pati tuloy ako ay kinikilig!"**

"Nakakakilig kasi sa t'wing magkakatinginan kayong dalawa, parang may *something* pa. Yiieee! Nakakainggit ka naman!" Dagdag pa ni Johara.

"Ex nga, eh, nakalipas na 'yon. May girlfriend na siya ngayon." Pilit ang ngiting tugon ko habang ipinagpapatuloy ang pagsabay sa kanila sa ensayo.

"In fairness! Napakasuwerte mong bakla ka, ang daming nangangarap makuha ang isang Randall Echavez, alam mo ba 'yon? Ang dami kayang BIS students na may gusto ro'n! Masuwerte ka nga't naging ex mo pa siya, hahaha! Joke!" Dagdag naman ni Aenna.

"Sayang naman 'yong sa inyo, hehehe, mas nakakakilig sana kung kayo pa." Ani Jozh.

"Gaga! Alam mo namang may Ate Dein na siya, 'di ba?" Ani Johara. **"Kinikilig din naman tayo sa sweetness nina Ate Dein at Randall."**

"Oo nga, pero kasi tulad nga ng sinabi mo, may *something* pa rin sa kanilang dalawa dahil t'wing magkakatinginan sila, may *bitterness*! Hahaha! Ibig sabihin... may *feelings* pa rin sila sa isa't isa!" Ani ni Aenna. Kumunot naman ng bahagya ang noo ko.

'Kailan naman nila kami nakitang nagkatinginan ni Randall? Tss.'

"Oo! Bet ko 'yong ganiyang bitter ka kasi may girlfriend na siya pero kinikilig ka dahil nararamdaman mong gusto ka pa rin niya! Kyaaaah!" Ani Jozh.

"H-Hehehehe, baka may makarinig sa inyo rito," pilit ang tawang saway ko sa kanila. **"Baka kung ano ang isipin at makarating pa kay Dein."**

Iniwasan ko ang mapikon sa kanila dahil baka pati sila ay masigawan ko na gaya ng ginawa ko sa iba kong kaibigan.

"Kunsabagay, kung may Randall ang SIS, may Maxwell naman ang BIS! Hehehe! Diyos ko, Max, ang guguwapo nung mga kapatid mo, grabe!" Ani Johara.

"Bakla ka! Kung hindi ka lang talaga siguro Moon at kapatid ni Maxwell? Sa guwapo nang mga nakapaligid sa'yo, my God, buong BIS ay itatakwil ka rito! Lahat na lang kasi nang pangarap ng mga babae rito ay nadidikit sa 'yo!" Tuya ni Aenna.

"Hindi naman lahat," tugon ko.

"Sus! Hindi raw? Una ay sina Lee, Deib at Tob. Alam mo namang 'yong tatlong 'yon ang campus hearthrobs namin, tapos nadidikit sa 'yo! Hahaha, sige kahit 'wag na nating isama si Deib!" Biro pa ni Aenna. **"Tapos si Maxwell, ang lahat ng mga babae rito ay halos isumpa ka no'ng kumalat ang isyu na mag-asawa kayo! Ikaw naman, masiyado mong kinarir at talagang pinanindigan mo, hindi ka man lang nagsabing magkapatid pala kayo! Tapos ngayon naman ay itong si Randall? My God! Ex mo na lang nga pero the fact na naging kayi? Oh. My. God! That's so nakakainggit!"**

Lahat tuloy ay nagulat nung malamang magkapatid pala kayo! Tapos ngayon naman ay etong si Randall!? Juskoh.. ex mo na lang nga.. pero the fact na naging kayo for three years?! My Goooooddd!! Nakakainggetttt!!!!!"

"Oo nga, bakla, ano bang ginawa mo't naakit mo 'yon si Randall?" Tanong ni Johara.

"Hindi na rin maalala, eh," nakangiwing tugon ko.

"Ha? Bakit naman hindi mo na maalala?"

"Nakalimutan ko na yata 'yong lahat nang sa amin. Hehehe."

"Hala! Bitter! Uuuy, bitter na bitter!" Panunukso naman ni Aenna. **"Bakla ka! Bitter ka pa rin talaga, 'no? Sigurado akong mahal mo pa si Randall, mahal mo pa, 'no?"**

"May girlfriend na siya, okay?" Nakangiting tugon ko.

"Kyaaaaaaah! Mahal mo pa nga!" Sigaw rin niya.

"Hindi na. Tss."

"Wooh, eh, bakit ang sagot mo agad ay may girlfriend na siya? Oo at hindi lang naman ang sagot sa tanong ko."

"Tss. Woi, baka may makarinig sa inyo, ano ba?" Kabadong saway ko sa kanila.

"Hahahaha! Eh, bakit affected ka?"

'Haaay... bakit ba ang kukulit nila?'

"Ayaw ko lang nang isyu." Seryosong tugon ko at batid kong naramdaman naman nila 'yon.

Hindi na sila nangulit pa at masaya naming ipinagpatuloy ang practice. Matapos niyon ay nagpalit ako ng uniporme gaya ng dati. Bumili ng tubig at saka pumasok saka umakyat sa building.

"Hi, Maxpein!" Sinalubong ako nang ngiti ng isang hindi pamilyar na estudyante, batid kong Senior ito.

"Mm?"

"Kumusta, Maxpein? Hihihi!"

"Okay lang naman, h-hehe."

"Idol ka na namin, Maxpein, simula ngayon ay idol ka na namin kaya sana ay maging *close* tayo." Aniya at medyo natigilan naman ako. **"Puwede ka bang makasabay maglunch mamaya, Maxpein?"**

'Ano bang meron sa pangalan ko't pinapaulit-ulit niya pa?'

"May mga kasabay na 'ko, eh," tugon ko.

"Sana ay makasama ka naman namin ng mga friends kong lumabas minsan. Madalas din kaming maghouse party! Para makapagbonding naman tayo. Wala na tayong bonding, eh." Maarte pang aniya.

'Sino ba itong kausap ko? Tss. At kailan naman kami nakapagbonding?'

"Nagbukas ang family ko nang bagong resort. Puwede mong yayain 'yong mga friends mo, kasama sina Lee, Deib at Tob! That would be exciting!"

"Una na ko," paalam ko na ikinabigla naman niya. Tinanguan ko pa muna siya bago ko tuluyang tinalikuran.

Wala pa ang Lecturer no'ng marating ko ang room, nandoon naman na ang lahat ng mga kaklase ko. Naupo ako at hindi man lang ako nilingon ni Naih, tiningnan ko siya at mukhang abala siya sa pagbabasa ng libro.

'Galit nga siya.'

"Good morning, teh!" Bati sa 'kin ni Migz, sa kanila natuon ang atensiyon ko. **"Nako, bidang bida na naman niyan malamang! May intermission number kayo tapos grand entrance ka sa billiards! Diyos ko, paano ba ako magkakaroon ng ganiyang mukha?"** Biro niya pa at ngumiti naman ako.

"Excited na ako!" Ani Michiko. **"Ichi-cheer talaga kita, Max! Kayo ni Naih! Hihihihi!"** Sabad ni Michiko.

"Eh, paano kung magkasabay ang laro nina Max at Naih sa laro nina Deib, Lee at Tob?" Nang-iinis namang tanong ni BJ. **"Sino sa kanila ang panonoorin mo, teh?"**

"Malamang si Tob!" Si Migz ang sumagot. **"Hahaha! Panonoorin niya sa Tob dahil mas love niya 'yon kaysa sa dalawang 'to!"**

"Teka, bakit ang tahimik naman yata ng Zarnaih? Bagong bago 'yan, ah?" Biro ni BJ, dahilan upang lingunin namin ito.

"Magbabasa na lang ako, wala naman akong kailangang sabihin, eh." Mapaklang ani Naih na hindi man lang inalis sa libro ang paningin.

"Ay, kailangan talagang *ganiyan* kataray sa umaga, Naih?" Biro ni BJ habang nakahawak pa sa dibdib. **"Magbabasa lang ng libro, teh, nagtataray pa?"**

"At least, hindi nandadarag, 'di ba?" Nakangising parinig pa ni Naih sa 'kin. Hindi niya ako tiningnan ngunit batid kong ako ang tinutukoy niya.

'Hardcore din talagang mabadtrip 'to, eh, walang pinipiling oras. Tss. 'Tsaka ko na lang siya susuyuin.'

"Deadmahin na nga lang ang Naih at baka may pinagdaraanan lang 'yan!" Ani Migz.

"Baka may mens? Hahaha!" Tuya ni BJ.

"Uuuy! Babaeng babae siya ngayon!" Tukso naman ni Michiko.

Sinamaan sila ng tingin ni Naih at saka padabog na tumayo at naglakad papalayo.

"H-Hala, napikon?" Napapahiyang tanong ni Migz na sinundan pa 'yon ng tingin. Hindi naman ako kumibo at tiningnan ang librong binabasa niya.

'Tss, kunyari pang nagbabasa. Baliktad naman ang libro niya.'

"Hala, saan naman pupunta 'yon si Naih?" Nag-aalalang tanong ni Michiko. **"Sundan kaya natin?"**

"Nastress naman ako bigla, baka nagalit ang bakla!" Kabadong ani Migz.

"'Wag niyo nang sundan, babalik din 'yon." Pilit ang ngiting tugon ko at binigyan naman nila ako ng nagtatanong at nag-aalalang tingin. Hindi ko na 'yon pinansin at nagbasa na lang ako ng kung ano para malibang.

Nagsisimula na ang klase no'ng bumalik si Naih. Pero lumipas ang oras ng wala siyang kibo at parang may sariling mundo. Naging abala kami sa klase dahil napakaraming seatwork na ipinagawa ngayon, hindi madadali at kumakain ng oras.

Dumeretso kami nina Migz at Michiko sa Canteen matapos ang klase at pare-pareho kaming gutom na. Ngunit matapos naming um-order ay doon pa lang dumating si BJ.

"Nako, sinundan ko ang Naih dahil baka nagtampo siya sa biro ko kanina! Pero ang lola mo nawalang bigla at hindi ko na nasundan! Feeling ko, teh, na-offend siya sa biro natin kanina," malungkot na ani BJ.

"Hala, oo nga. Baka kaya hindi rin siya sumabay sa 'tin ngayon?" Ani Michiko.

"Lahat naman tayo ay biniro siya, eh?" Malungkot na ani Migz. **"Max, paano 'yan? Baka nagalit sa 'min 'yon?"**

"Hindi 'yon, baka may pupuntahan lang." Tugon ko.

"Nang hindi man lang muna naglalunch?" Takang tanong ni BJ at napaisip naman ako.

"Hindi naman magpapagutom 'yon, 'wag kayong mag-alala." Pilit ang ngiting sagot ko at hindi naman na sila nagsalita pa.

Sa loob loob ko ay nagtatanong din ako kung nasaan siya at bakit siya nagkaganoon?

"H-Hindi naman magpapagutom yun.. wag kayong mag-alala.." sagot ko sa kanila at hindi naman na sila nagsalita pa. Pero sa loob loob ko

ay tanong rin ako ng tanong kung bakit nga ba biglang nagkaganon yun si Naih!?

"Hala, bakit wala rin sina Tob?" Mayamaya'y tanong ni Michiko. Napalingon naman kami sa table nina Sensui at wala nga ang mga ito.

"Oo nga, 'no? Baka may klase pa?" Tugon ni Migz.

"Hindi, ah? Nakita ko kanina wala ng tao sa room nila, eh." Nakangusong tugon ni Michiko.

"Ah, baka may practice lang, teh."

"Ang sabi ni Tob ay hindi na raw sila pinagpapractice, eh. Relax relax na lang daw."

"Ah, baka may meeting naman, teh?"

"'Ayon si Chris, eh, 'yon ang captain nila kaya imposible ring may meeting sila."

"O baka naman kinausap lang ng mga lecturers nila? 'Wag kang paranoid, teh."

"Ngayon oras ng lunch break? Hindi naman tatagal ng ganito katagal ang usapan nila kung kinausap lang. Kawawa naman sila dahil mauubos ang lunch time nila." Malungkot pa ring ani Michiko.

"Oh, eh, punyeta! Ikaw na ang maraming dahilan! Baka nangbabae! Baka *nangbabae*, teh! Ewan ko lang kung may maisagot ka pa!" Singhal ni Migz at natawa naman kami ni BJ.

"Huhuhuhu, 'wag ka namang ganiyan, Migz!"

"Eh, letse ka, ang dami mong arte! Pinapalakas na nga ang loob mo't lahat dahil wala sa paningin mo si Tob--sandamakmak na kontra ka pa! Tse! Magdusa ka riyan! Nangbabae 'yon malamang! Nang-ba-ba-e!"

"Waaaa! Huhuhuhuhu!" Umasta si Michiko na parang batang umiiyak.

"Baka kumain sa labas," sabat ko at nilingon naman nila ako.

"Talaga?" Umaasang tanong ni Michiko. **"Kunsabagay, madalas nga naman silang kumain sa labas noon, baka inulit lang nila ngayon. Hihihi!"**

"Sige lang, Michiko, lokohin mo pa ang sarili mo." Biro na naman ni Migz.

"Bakit? Posible namang sa labas nga talaga sila kumain ngayon, 'di ba?"

"Oo nga, pero posible rin ang mga sinabi ko kanina. Nangbabae."

"Waaaa! Nakakainis ka Migz!"

"Koh! Kung makaarte ka naman! Jowa ka, teh? Jowa?"

"I hate you, Migz!"

"Pabor!"

Pagkatapos naming kumain ay umakyat agad kami sa room, sa kabilang stairs kami umakyat dahil masiyadong maraming estudyanteng umaakyat sa hagdanan kung saan madaraanan ang room nina Sensui.

Nagulat naman kami pare-pareho no'ng makita naming nandoon na si Naih.

"Uy, teh, saan ka nanggaling?" Tanong agad ni Migz dito.

"Naglunch ka na ba? Saan ka naglunch?" Tanong naman ni Michiko.

"Uy, teh, baka naman na-offend ka namin sa mga jokes namin kanina, ah?" Nag-aalalang ani BJ. **"Kasi hindi ka na sumabay maglunch sa 'min, baka nagalit ka, eh."**

"Okay lang, 'ayan na ang lecturer, magkaklase na." Tipid ang ngiting tugon ni Naih kaya wala namang choice 'yong tatlo kundi ang maupo na.

Nagtuloy ang klase at hindi na naman kami nagkaroon ng oras ni Naih para makapag-usap. Hindi siya kumikibo talaga at hindi man lang ako nililingon. Pati no'ng afternoon break ay hindi siya sumama sa 'min. Kaya naman no'ng uwian, humabol agad ako sa kaniya matapos niyang magpaumunang lumabas.

Kamalas-malasan nga lang na humarang si Abby sa daan sa kalagitnaan ng paghahabol ko.

"Look who's here?" Bungad niya pa at hindi naman ako sumagot. **"Masiyado kang mayabang porket may followers ka na, ah? Akala mo naman ay sasambahin kita gaya nang ginagawa nila?"** Aniya na isinenyas pa iyong mga estudyanteng gaya kanina ay nagkikinangan ang mga ngiti sa 'kin.

"Wala naman akong sinabi." Inosenteng tugon ko.

"Hahahaha! Hindi rin naman magtatagal 'yan at malalaos ka rin, Taguro."

"Hindi naman ako sumikat kaya hindi ako malalaos."

"Oh really? Hahaha! Wow, impressing. Taguro's keeping her feet on the ground! Mm, is it because you're being humble? Or you're just that heavy?"

"Ano ba'ng problema mo? Talagang lumapit ka sa 'kin para mang-asar?" Napipikong tanong ko. **"Pinapansin ba kita ng kusa? Hindi**

naman, 'di ba? Ano ba'ng meron sa 'kin at nag-e-effort ka pa talagang magpapansin? Hindi ka nagsasawa?"

"Ha! 'Wag ka ngang feeling? Ikaw pa rin 'yong basurang Taguro sa paningin ko at aasarin kita kung kailan ko gusto!"

"Eh, kung banatan kaya kita?"

Nagulat siya. **"U-Ugh! You're really creepy!"**

"Alis!" Sigaw ko at naglakad naman siya palayo na animong takot na takot.

Nagmadali akong maglakad papunta sa hall at nagsisimula na silang magpractice no'ng makarating ako. Soloista sa isang mesa si Naih at nasa kabilang mesa naman sina Jigz at Josh.

"Naih..." Bungad ko agad dito, hindi niya ako nilingon at umastang abala sa pagtira ng bola. **"Alam kong galit ka sa 'kin, sorry na."** Malumanay na dagdag ko at tumayo naman siya 'tsaka nilingon ako, salubong pa rin ang mga kilay niya.

"Ano? Okay ka na ba?" Sarkastikong tanong niya.

"Okay na rin naman."

"Psh. Pag-isipan mo muna, baka mainit pa rin ang ulo mo at makasama pa sa 'yo 'yang paghingi mo ng sorry."

"'Wag ka na namang magpapilit, sorry na nga, eh." Nakangusong bulong ko.

"Oh, eh, ano nga ba kasing nangyari sa 'yo?" Salubong ang kilay na tanong niya. Hindi naman ako nakasagot kaya umayos pa muna siya ng tayo at nagpamaywang. **"Ano? Magkukuwento ka ba o hindi?"**

"M-Magkukuwento pero--"

"Oh, siya! Halika ro'n! Ilibre mo ko ng merienda! Ang tagal kong nagtiis ng gutom, ah?"

"Eh, sino bang may sabing 'wag kang kumain?"

"Psh! Parte 'yon ng pag-e-emote ko! 'Wag kang nangingialam!" Nakangusong singhal niya at saka nagpaumunang maglakad papalabas. Nagpaalam pa muna ako sa dalawa bago sumunod sa kaniya. **"Ang lagay, eh, siya lang ang puwedeng mag-emote? Hindi ba puwedeng ako rin? Stop me!"** Dinig ko pang bulong niya. Tatawa-tawa naman akong sumunod.

Nang makarating kami sa coffee shop sa harap ng BIS ay nakatingala na agad siya sa menu at astang o-order.

'Wala na nga akong pera, eh, tsk.'

Pero dahil alam kong hindi siya magpapapigil, wala akong nagawa kung hindi order-in na lang 'yong gusto niya. 'Yong gusto niya lang dahil kailangang busog lang ako.

'Tss.'

"Oh, eh, bakit wala ka?" Tanong niya pa nang makitang kaniya lang ang binili ko.

"Hindi naman ako nagugutom, naglunch ako at nagmerienda na."

"Ikaw bahala, oh, eh ano na ang kuwento? Anong nangyari sa 'yo? Baka naman itong pagkain na 'to ay kailangan din ng adjustments mo? Sabihan mo na agad ako."

Hindi na ako nag-aksaya pa nang oras, inilahad ko na sa kaniya ang nangyari sa 'kin. Sinimulan ko ro'n sa naging kumprontahan namin ni Maze hanggang sa pagbubunganga sa 'kin ni Kim kung saan nakita ko rin si Randall nang hindi inaasahan. Pati 'yong nangyari sa TB ay sinabi ko na rin sa kaniya dahil paniguradong itatanong din naman niya.

"Ganon?" Gulat at nagtatakang tanong niya 'tsaka bumuntong-hininga. **"Eh, nung nakaraan, hinahanap ka sa 'kin nina Lee at Tob dahil wala rin daw si Sensui, akala nila ay magkasama kayo, hindi pala?"** Tanong niya at umiling naman ako. Ngumanga naman siya sa harapan ko kaya umiling uli ako. **"Lokong Tob 'yon, ngingisi-ngisi at sabing baka raw magkasama kayo at abala sa pagpaplano ng kinabukasan!"**

"Tss. Asa. Kalokohan 'yan."

"Eh, paano naman kasi? Eksaktong nawala kayo pareho no'ng araw na 'yon."

"Pero hindi pa rin ibig sabihin niyon ay magkasama na kami."

"Why not, 'di ba? Malay ba naman nang lahat na nasa TB ka at nag-iinarteng mag-isa? Psh! Saan naman kaya nagpunta ang isang 'yon no'ng araw na 'yon?"

"Bakit hindi siya ang tanongin mo?" Inis na tanong ko.

"Aba, hindi ko nga rin sila namamataan nitong mga nakaraan, eh. Tumahimik tuloy ang BIS. Napansin mo rin bang wala sila sa paligid nitong mga nagdaang araw?"

"Hindi, hindi naman ako interesado sa mga lakad nila."

"Wow, ah? Parang sila naman ay interesado sa mga lakad mo?"

"'Wag na natin silang pag-usapan," inis na tugon ko. **"Baka dinamdam niya 'yong mga sinabi ni Kim no'ng araw na 'yon kaya nag-inarteng gaya mo. Tss."**

"Baka naman narealized niya nang si Sensui talaga ang gusto niya, kaya nalimutan niya rin agad si Randall?"

Muling pumasok sa isip ko ang imahen ni Randall, nararamdaman ko na naman ang lungkot niya no'ng oras na 'yon. Pero hindi na ako nagpahalata pa kay Naih.

"Ewan ko, wala akong pakialam kay Kim. Kung may narealized man siyang ganon ay 'wag niya na akong idamay dahil hindi ko aagawin si Sensui sa kaniya."

"Eh, si Randall?"

Natigilan ako. **"Ano si Randall?"**

"'Wag kang magagalit, ah?" Ngumunguyang aniya habang hinahalo ang kape niya. **"Pero... hindi ka puwedeng magkaila sa 'kin. Ramdam kong kaya ka nagkakaganiyan ay dahil *nanghihinayang* ka sa mga nalaman mo! Nakadagdag na lang talaga sa init ng ulo mo 'yong kay Maze at Kim! Psh!"**

"Hindi naman kasi maiiwasan 'yon." Tugon ko 'tsaka ako nagbaba ng tingin.

Dinig kong bumuntong-hininga siya. **"Paano 'yan? Mahal mo siya pero may Dein na siya?"**

"Wala naman akong balak agawin siya."

"So paano nga? Kalilimutan mo na lang 'yong feelings mo?"

"Hindi ko alam."

"Ah, kaya magtitiis ka na lang habang nasasaktaan? Titiisin mong makita 'yong taong mahal mo kasama ang taong mahal niya?"

"May magagawa pa ba ko bukod doon?" Tanong ko at natigilan naman siya 'tsaka kami sabay na napabuntong-hininga. **"Hindi kasi madaling magdesisyon at magbitiw ng salita ngayon. Kahit ako ay naguguluhan sa nararamdaman ko. Mahal na mahal ko si Randall at sa kaniya ko pa lang naramdaman 'yon. Nalilito nga lang ako ngayon kung may dapat pa ba akong gawin. Kung meron man, nakukulangan ako sa sarili kong dahilan."**

"Eh, di ipaglaban mo siya?" Sinserong suhestiyon niya. **"Nasisiguro kong tamang dahilan na ang nararamdaman mo para ipaglaban mo siya, mahal mo siya Maxpein."**

"Tama pa bang gawin ko 'yon ngayon?" Tanong ko at natigilan siya. **"May karapatan pa ba ako? Paano si Dein? Paano si Randall? Masiyado nang maraming nangyari at mahabang panahon na rin ang**

lumipas, hindi ko masasabing kaya ko nang kalimutan lahat dahil ngayon pa lang ay nahihirapan na ko't nasasaktan. Lalo na no'ng malaman ko ang katotohanan. Pero pakiramdam ko kasi ngayon ay wala na akong magagawa kahit pa humingi ako ng tulong. Hindi ko alam kung para saan ang tulong na hihingiin ko at para saan ang tulong na ibibigay nang kung sino. Kung para ba mabawi ko si Randall? O para makalimutan ko na siya? Hindi ko alam. Nalilito ako." Mahaba at emosyonal na paliwanag ko.

Hinawakan niya ang kamay ko. **"Masiyadong mabigat ang pinagdaraanan mo, Max, malalim na sugat ang idinulot sa 'yo at naiintindihan kong nasasaktan ka ngayon. Pasensiya na sa mga pinagsasabi ko pero alam kong umayos din ang marurupok mong turnilyo nang dahil doon. Pero sa ngayon... hindi ko rin alam kung ano'ng sasabihin ko."**

"Naiintindihan ko," sinserong tugon ko 'tsaka ngumiti. **"'Yung nandiyan ka lang para makinig sa 'kin ay ayos na."**

"Nalulungkot din ako sa nangyari sa inyo ni Randall lalo na ngayong nasisiguro kong mahal mo pa nga siya. Ang masasabi ko lang, kapag nagkaroon ka ng chance na ipaglaban siya, 'wag ka nang magdalawang-isip gawin 'yon. Dahil minsan lang sa buhay natin ang mabigyan ng ikalawang pagkakataon para sa taong mahal natin," aniya na nakatingin sa mismong mga mata ko.

Nginitian ko siya. **"Naisip ko na rin 'yan, Naih, pero kasunod no'n ay naisip ko rin kung sapat pa ba ang nararamdaman ko para sa kaniya kung ipaglalaban ko siya?"**

"Hindi mo malalaman kung hindi mo susubukan, Max."

"Natatakot akong matalo." Pagpapakatotoo ko. **"Sinasagot ako ng isip ko at natatakot ako sa mga sagot nila sa 'kin. Ako mismo... hindi na ako sigurado kung gaya pa rin ng dati ang nararamdaman niya para sa 'kin."** Malungkot na dagdag ko.

"Bakit?" Nag-aalalang tanong niya.

"Natatakot ako sa katotohanang... baka *ako* na lang ang gustong lumaban dahil ako na lang ang may nararamdaman."

"'Wag mong sabihin 'yan, Max. 'Wag kang mawalan ng pag-asa."

"Madaling isipin 'yong nararamdaman ko, Naih, pero mahirap alamin 'yong nararamdaman niya. Ayaw ko lang umabot sa puntong

lumalaban ako ng walang dahilan dahil wala na pala siyang nararamdaman."

"Hindi mo rin masasabi, Max, posible ang sinasabi mo pero 'wag kang mawalan ng pag-asa. Sa tingin mo ba ay mag-aabala pa siyang alamin 'yong naramdaman mo no'ng umalis ka kung balewala ka na sa kaniya? I don't think so."

Ngumiti ako. **"Iyan na lang din ang dahilan na pinanghahawakan ko. Sa dami nang pinagdaanan ko, natuto akong mag-isip habang nagpapakatotoo. Hindi puwedeng puso pag-asa ang tinitingnan mo. Puwede kang manatiling positibo habang iniisip din ang magiging kapalit nang inaasahan mo. Posibleng mabigo ka pa rin, posibleng madisappoint ka rin dahil umasa ka sa isang bagay na wala ka namang kasiguraduhan. Tinitimbang ko lang ang sitwasiyon namin at ayaw kong magpadalos dalos. Lalo na at ngayon ko lang nalaman na mas nasaktan ko pala talaga siya."**

Hindi na ako sinagot pa ni Naih kaya naman muli akong napaisip.

'Kaya ba paulit-ulit na lang niyang tinatanong kung bakit hindi siya ipinaglaban, dahil gusto niyang ipaglaban ko siya? Tama naman siya, kung ako ang nasa posisyon niya ay 'yon din ang aasamin ko, ang ipaglaban ako. Para man lang maramdaman kong may imspotansiya naman ako sa taong isinakripisyo ko.'

Bumalik kami sa hall para sa practice at nang matapos 'yon ay dumeretso kami sa TB. Gaya nang inaasahan ko ay kunyaring nagtatampo ang mga ito, ikinatuwa ko 'yon dahil alam kong hindi sila galit sa 'kin. Nagsorry rin ako sa kanila at nag-usap usap kami. Nagbahagi ako ng kuwento pero hindi gaya kay Naih na detalyado, 'yon lang eksaktong magkakaroon sila ng ideya ukol sa pinagdaraanan ko.

Kinabukasan, Sabado. Ginugol din namin ni Naih ang buong araw sa trabaho at practice ng billiards. Mas naging maayos ang pakikisama ko sa kanila ngayon dahil na rin siguro sa naging pagtatalo namin no'ng mga nakaraan.

"Napansin mo ba 'yong mga bumabati sa 'tin ngayon sa BIS?" Tanong ni Naih mayamaya pa, pareho kaming naka-assign sa kitchen. **"Nakakatawa lang na ang babait na nila sa 'tin ngayon, 'no? Wala na akong naririnig maski isang masamang sinasabi nila sa 'tin. Hahaha! Sikat na tayo at hindi magtatagal ay magiging fans na rin natin 'yong**

mga 'yon. No more bullies, no more bitches! Hahaha! Makakagraduate na tayo sa wakas!"

"Hindi ako natutuwa sa mga ginagawa nila. Napaplastikan ako sa kanila."

"Siyempre, hindi mo maiaalis sa kanila 'yon, paniguradong kaplastikan lang ang karamihan sa mga 'yon. Pero meron din naman sigurong gusto talagang suportahan tayo, 'di ba? 'Wag mo naman silang lahatin!"

"Eh, nasaan sila no'ng umpisa? Nakita mo ba?" Sarkastikong tanong ko at umiling naman siya. **"Eh, di lahat sila ay plastik. Tss."**

"Ang sama ng ugali mo, hindi naman lahat sila ay inaaway tayo noon, ah? At saka ano ka ba? Hindi naman nila tayo kailangang purihin noon para masabi mo ngayon na plastik sila gaya no'ng iba. Come on, Max, 'wag kang basag trip!"

"Hindi ko lang talaga gusto 'yong ginagawa nila ngayon, mas gusto ko pa 'yong dati na walang pumapansin sa 'kin."

"Oo, tapos bigla ka na lang tutumba at kinabukasan ay may bangas ka na, 'no? Ang saya nga no'n, eh. King ina lang." Nakangiwing aniya, nang-iinis. **"I-enjoy na lang kasi natin kung anong ginagawa nila--kaplastikan man 'yon o hindi. Ang mahalaga ay wala nang nanggugulo sa 'tin ngayon. Hindi na tulad no'ng dati na may mga bullies bawat kanto ng BIS! Stop me! Ngayon wala na maski isa, hahaha! Lahat sila ay panay magaganda na ang sinasabi, nasa sa 'yo naman 'yung kung magpapauto ka, eh."**

"Yeah, right. Pero si Abby, hindi pa rin sumusuko."

"Oh? Matibay pa rin?"

"Mm, nakamighty bond yata, eh. Kahapong nga lang ay kung anu-ano na namang sinabi."

"Pinatulan mo naman?"

"Hindi gaano, tinatamad ako, eh." Payabang na tugon ko at tumawa naman siya. **"Maiba ako,"** usal ko at hinarap niya naman ako habang nagpupunas siya ng baso at ako naman ay naglalampaso. **"No'ng gabing nagkaharap kami ni Randall dito, natatandaan kong nabanggit kong isa sa mga dahilan kung bakit ayaw sa 'kin nang pamilya ni Randall ay dahil anak ako sa labas ng mga del Valle,"** usal ko at tumango naman siya. **"Nakakapagtaka lang na sa dami nang ikinalat na isyu ni Kim ngayon, hindi niya nabanggit 'yon."**

Napanganga siya. **"Oo nga, 'no?"**

"Tss. 'Buti na lang ay hindi niya ipinagkalat 'yon dahil kapag nagkataon, walang pupuri sa 'tin ngayon. Baka nga mas batuhin pa ako ng kamatis ng mga 'yon."

"Tsk tsk, oo nga, 'no? Hindi ko naisip 'yon. Nabanggit mo nga pala 'yon, baka naman hindi niya narinig? Pero sina Sensui, alam na nila 'yon?" Tanong niya at tumango naman ako. **"Imposibleng hindi niya 'yon narinig, nasa harap mo rin siya, eh."**

"Sana nga ay hindi niya narinig. Si Sensui, alam niya talaga 'yon dahil nabanggit ko na sa kaniya." Kuwento ko at tumaas naman ang kilay niya, nag-iwas naman ako ng tingin. **"Sina Lee at Tob ang hindi nakaalam bukod kay Kim. Pero hindi rin naman malabong malaman nila dahil maaaring nabanggit na rin ni Sensui. Katakataka lang na hindi ipinagkalat ni Kim 'yon."**

"Katakataka rin na nasa iisang school tayo pero madalang ko makita ang F3 ngayon. Psh! Hindi ko na nga matandaan kung kailan ko pa sila huling nakita. Baka busy rin, hehehe."

"Namimiss mo na ba?" Nakangising tanong ko.

"H-Hindi, ah! Hindi na lang talaga siguro ako sanay ng hindi sila nakikita."

"Si Maxwell ay kasama rin natin sa school at madalang mong makita, pero hindi ka naman nagtataka." Pang-aasar ko at ngumiwi naman siya.

Kinabukasan, Linggo. Maaga pa rin kaming nagising pero sapat ang naging tulog namin.

"Haaay! Sarap ng may pahinga!" Bulalas pa ni Naih habang nag-iinat ng dalawang braso niya. Masuwerteng may pagkain nang nakahain no'ng pumunta kami sa mesa.

"Wow, ah? May tocino pala tayo?" Tanong ko pa.

"Mm, naggrocery 'yong dalawang bakla, eh. Wow! Toasted tocino! My favorite!"

Bahagya akong nakaramdaman ng hiya. Mahigit isang linggo na akong hindi nakakapag-ambag sa kanila rito dahil medyo kinapos ako.

"Tara, kain!" Anyaya niya pa at tumango naman ako, nilagyan niya ako ng sinangag. **"Anong nangyari sa 'yo? Hahaha! Namangha sa tocino? Hehehe! Teka, kukuhanan kitang kamatis!"**

"Salamat."

Eksakto namang may kumatok no'ng makabalik siya kaya sabay kaming nilingon 'yon.

"Good morning!"

"Maxwell!" Bulalas ni Naih. **"Hmm--grabe! Ang bango mo! Pasok--pasok! Oh, napadalaw ka? Kain!"**

"Hi, Pein," ngingisi-ngising bati niya pa sa 'kin, nginiwian ko naman siya. **"What's for breakfast?"** Tanong niya kay Naih.

"'Ayan, tocino at kamatis. Naglevel-up na kami, hehehe! Oh, 'wag mo sabihin hindi ka pa nakakakain niyan?"

"I know that." Natatawang ani Maxwell 'tsaka hinayaan si Naih na lagyan siya sa plato. **"Would you like to come over to my house and join me for lunch?"**

"Anong meron?" Tanong ko 'tsaka nagsimulang kumain.

"Mm, maybe we could cook lunch together. Just a simple bonding." Nakangiting tanong niya.

Nagliwanag naman ang mukha ni Naih. **"Gusto ko 'yan! Sige, sasama kami! Hindi nga lang kami puwedeng magpagod dahil inter high bukas, hehehe!"**

"Mm, naparami kasi ang bili ko no'ng fries at ice cream, puwede nating pagtulungang ubusin 'yon sa hapon. Bumili rin ako ng CD's para makapagrelax habang nanonood." Ani Maxwell. **"Do you have any suggestions on what we could make for lunch?"**

"Sinigang, Maxwell! Hehehehe!" Suhestiyon ni Naih at nilingon naman ako ni Maxwell ng may ngiti.

"Hindi ba't mas nakakarelax kung mag-isa ka lang at walang kasama? Manood kang mag-isa at kumain kang mag-isa." Nakangiwing pang-aasar ko.

"Tsh. That's depressing and not relaxing, Maxpein. I have a paper due tomorrow and I didn't even read the book. I'm so stressed. I really need this."

"Oo nga, Max!" sawsaw ni Naih. **"No'ng minsang pumunta tayo ro'n, nag-inarte ka na kaya 'wag ka nang umarte ngayon! Wala rin naman tayong gagawin at kailangan din naman nating magrelax para bukas! Hehehe!"**

"Mm, bukas na nga pala ang simula ng sportsfest niyo, manonood ako, ah?" Baling sa 'kin ni Maxwell.

"'Wag na." Sarkastikong tugon ko.

"Ang sungit nito! Sige, Maxwell, panoorin mo kami, hehehe! I-cheer mo rin kami, ah?" Ani Naih.

"Sure, hehehe. Go-Go-Go, Taguro Brothers!"

"Nyeh, nyeh, stop me, nyeh!"

"Tss. Paniguradong mawawalan tayo ng cheerers kapag dumating 'yan," sabad ko. **"Lahat ng atensiyon ng babae ay maaagaw niya."**

"Hindi ko na kasalanan 'yon," mayabang na tugon ni Maxwell. **"Ang mahalaga ay dumating ako para i-cheer kayo."**

At ganoon nga ang ginawa namin, matapos mag-agahan ay agad kaming kumilos at dumako sa bahay ni Maxwell. Napakaganda ng bahay niya at kahanga-hanga. Talaga namang karapat-dapat kainggitan. Moderno ang istilo gayon na rin ang disenyo, maging ang mga kasangkapan doon ay halatang mamahalin at sabay sa uso.

May malaking espasyo sa sala, bukod kasi sa entertainment set ay may study rin siya. Puti ang theme ng bahay ni Maxwell, karamihan nang madapuan ng mata ko ay puti. Para siyang mahiwagang tao habang pinapanood ko siyang maglakad lakad sa loob no'n para pagsilbihan kami.

Prente akong naupo sa napakalmbot na sofa. Sa oras na 'to ay hinihiling kong sana ay iregalo niya na sa 'kin ito at gagawin kong kama. Inihilig ko ang batok ko't tinitigan ang abuhin niyang kisame.

"Grabe! Napakaganda naman nitong bahay mo, Maxwell!" Papuri ni Naih. **"Sana ay magkaroon din ako ng ganito."**

"I'm sure you can afford one. Available pa yata 'yong lote diyan sa harap, bilihin mo na para magkaharap tayo ng bahay." Biro naman ni Maxwell.

"Nako, hindi na, baka magkatuluyan pa tayo!"

"Hahaha! Palabiro ka talaga, Zarnaih."

"Oo, pero kadalasan ay honest ako. Hehehe!"

"Hindi pa ba kayo magluluto?" Sabad ko at nilingon naman nila ako. **"Pumunta tayo rito para magtanghalian, 'di ba? Maganda kung doon na kayo sa kusina mag-iingay."**

"Wow, ah? Bahay mo?" Sarkastikong ani Naih. **"Ang ganda ganda, grabe! Wow!"**

"Guwapo ang may ari, eh, hehehe." Pilit na biro ni Maxwell.

"Nasaan na ang fries?" Singit ko na naman at natawa sila.

"Nakakainis naman 'to, nagmamadali ka ba?" Baling sa 'kin ni Naih. **"Kanina ka pa, ah? Gutom na gutom? Nakakabasag ka ng trip, aware**

ka ba ro'n? Psh! Stop me!"

~BEEP! BEEP!~

Nangibabaw ang malakas na busina mula sa labas ng bahaya kaya nagkatinginan kaming tatlo.

"Are you expecting someone else?" Tanong ko kay Maxwell at ngumisi naman siya, kumunot ang noo ko. **"Ya..."**

"They're here, wait." Tugon niya pa at saka nagpaumunang lumabas.

"They?" Bulong ko pa. **"Tss."**

"Bakit? Ano 'yon?" Tanong ni Naih at hindi na ako sumagot.

'Tsk tsk, dinala kami ni Maxwell dito hindi para samahan siya. Talagang plinano niya ito dahil may parating siyang mga bisita.'

Tumayo ako at eksaktong bumukas ang pinto.

"Ha ha ha ha ha ha ha ha ha!"

'Tss. I knew it.'

Nangibabaw ang napakalas na tawa ni Mokz. Sinalubong ko naman ito ng masamang tingin ngunit tinawanan niya lang uli ako.

"Noona!" Bigay na bigay na sigaw ni Maxrill, tumakbo ito palapit sa 'kin at ikiniskis nang ikiniskis ang pisngi niya sa pisngi ko. **"Oh! You're here, Noona! And Naih-Noona, too! Bogoshippo!"**

"Mm, I miss you, too." Natatawang tugon ko sa ka-cute-an niya. 'Tsaka ako bumaling kay Mokz na nakapamaywang at nakataas ang noo. **"Mokz."**

Tumango naman siya. **"Maxpein. Ha ha ha ha ha!"** Tumawa na naman siya nang malakas at saka isinenyas ang pintuan, sabay sabay naman kaming napalingon doon.

"Maxpein..." Anas nang bagong pasok. Hindi ko nagawang alisin ang paningin ko sa kaniya hanggang sa gawaran niya ako ng napakatamis na ngiti. **"It's nice to see you."**

"Nice to see you, too," mahinahong tugon ko. **"Dad..."**

Aaminin kong nagulat ako. Hindi ko inaasahang makikita ko ngayon dito ang Daddy ko, ang Daddy namin.

'Tsk tsk tsk, Maxwell.'

"I didn't expect you'd be this early," pagbabasag ni Maxwell sa katahimikan, sinamaan ko naman siya ng tingin at ngumisi lang siya. **"Food's not yet prepare, I guess it'll be fun if you'll help me?"**

"Let's do that! Ha ha ha ha!" Tugon ni Mokz.

Mabilis silang kumilos at sumunod kay Maxwell. Sinundan ko pa sila ng tingin bago ko muling sinulyapan si Daddy. Sabay kaming naupo sa sofa na

nandoon at nagharap. Hindi agad siya nagsalita at mataman pa nitong pinag-aralan ang kabuuan ko.

"You look good, beautiful." Papuri niya.

Bumuntong-hininga ako. **"I didn't expect to see you."**

"Mm, you never expected to see me, Maxpein, that is not new." Nakangiwing tugon niya. **"It's a surprise, I'm glad that you're... well, a bit surprise?"** Natatawang dagdag niya. Sandali pang nangibabaw ang katahimikan sa pagitan namin. **"Have you been well?"**

"Mm, same old bad luck, Dad." Sarkastikong tugon ko.

"Hmm. That felt good."

"What?"

"Na tawagin mo akong *Dad*." Nakangising aniya 'tsaka tumayo at lumapit sa 'kin. **"I missed you."** Natatawang aniya pa 'tsaka ginulo gulo ang buhok ko.

"Aissh! 'Wag mong guluhin!" Saway ko sa kaniya.

Natawa siya. **"Dalaga ka na, ah? Nag-aayos ka na pala ng buhok ngayon?"**

"Tss. Kaya ginugulo mo?" Asar-talong tugon ko 'tsaka inayos ang buhok ko.

Naupo siya sa tabi ko at matamang tinitigan ako. **"Sino na ba ang dahilan para magpaganda ka ngayon? May kikilalanin na ba ako?"**

"Tss. Wala." Nakasimangot na tugon ko.

"Hm? Bakit naman wala? Ang laki nang ipinayat mo, tapos wala?"

"Eh, sa wala, eh? Tss. At saka... hind ako nagpapaganda. Wala akong dahilan para magpaganda."

"Dahil maganda ka na?" Natatawang aniya.

"Tss, ikaw ang nagsabi niyan." Nakangising tugon ko at saka kami sabay na natawa.

"Kumusta ka na ba? Ano'ng bago sa 'yo?"

"Wala. Hahaha. Impyerno pa rin ang buhay ko," natatawa kunyaring tugon ko habang nakatingin mismo sa mga mata niya. Hindi siya nakasagot at nakangiti lang siyang tumitig sa mga mata ko.

Dalawang beses kong nadinig ang buntong-hininga niya 'tsaka niya inayos ang buhok ko at hinaplos iyon.

"I'm sorry.." seryoso at sinserong bulong niya at natigilan naman ako. Nangibabaw ang pagkailang sa pagitan namin dahilan upang mag-iwas ako ng tingin. **"Dahil sa 'kin... naranasan mo ang lahat nang iyan."**

"Sanay na ako."

"That's why I'm sorry, sinanay kita nang nasasaktan." Emosyonal na aniya. Nagtiim ang bagang ko't bago pa mangilid ang mga luha ko'y nagbaba na ako ng tingin. **"I heard what happened between you and Maze. Nakarating sa 'kin lahat ng nangyari sa inyong dalawa nitong mga nakaraan. Nakarating din sa 'kin ang lahat ng pinagdaanan mo sa BIS. Pakiramdam ko, nang dahil sa 'kin kaya mo nararanasan ang lahat ng ito. I am very sorry, anak."**

"Don't say that, Dad. Never apologize for what I'm experiencing. Don't worry about me because I can handle myself."

"And that is why I'm so proud of you." Namumula na ang mga matang aniya, halatang nagpipigil ng luha. **"Dahil sa murang edad ay nararansan mo ang kakaibang hirap nang buhay, hindi ka kailanman sumuko. I'm sorry for making you feel this pain and for giving you a painful life. Forgive me for I am the reason behind that."**

"Don't be sorry. Tss. It's as if you're sorry for bringing me into this world."

"Pein..."

"You're one of the reasons why I'm living, so please, just shut the hell up, Dad."

"Hahahahaha!" Napakasarap pakinggan ng tawa niya. Sandali akong napangiti nang dahil doon.

"Tss, besides, hindi naman ako pinabayaan ni Maxwell."

"Kaya pala hindi alam nang isang iyon ang lahat ng nangyayari sa iyo sa campus mo?" Sarkastikong tanong niya.

"Hindi niya naman kailangang alamin ang lahat ng ginagawa ko, pag-aaral ko lang ang kailangan niyang intindihin. 'Yong nangyari sa 'kin sa loob ng school ay choice ko, loko rin naman ako, eh. At alam kong alam ninyo 'yon."

"Tsk tsk! Akala ko pa naman ay nagbago ka na, Maxpein!" Asik niya.

Ngumisi ako. **"Hindi ganoon kadaling magbago, Dad."** Biro ko at sabay kaming natawa at sabay ring natahimik.

Nangibabaw ang sunod sunod na buntong-hininga namin sa pagitan ng katahimikan. Batid kong nag-iisip siya ng mga bagay na gusto niyang sabihin at inihahanda ko naman ang sarili ko sa mga iyon. Nasanay ako nang wala siya sa tabi ko at abala sa mga bagay na ginagawa niya. Aaminin

kong may oras na kailangan ko siya, pero sadyang hindi niya kayang magpakita. May mga bagay na kailangan niyang unahin, bukod sa 'kin.

"Alam kong nasasaktan pa rin kita, araw-araw..." Gaya ng inaasahan ko, sinabi niya 'yon nang buong puso kaya lalo akong nasaktan. **"Napakalakas ko at napakalaki kong tao pero... wala akong magawa para protektahan ka. Kahit pa maibigay ko ang lahat ng kailangan mo, hindi ko kailanman mapupunan ang mga pagkukulang ko bilang Daddy mo. Lumaki ka ng wala ako sa tabi mo, wala rin ang Mommy mo, wala lahat."**

"Nandiyan si Maxwell, Dad." Mapaklang tugon ko, pilit na pinipigilan ang emosyon ko.

"But he's not enough--"

"Because he's too much." Pigil ko sa kaniya at nagtama ang mga paningin namin. **"He's more than enough, Dad. At kahit hindi ko sabihin sa kaniya 'yon, alam kong nararamdaman ni Maxwell kung gaano ako nagpapasalamat dahil nandiyan siya para sa 'kin. Hindi ko siya kailangan sa lahat ng oras pero hindi niya kinailangang tawagan pa kailanman dahil alam kong darating siya."** Nangingilid ang mga luhang paliwanag ko.

Sandali siyang nagbaba ng tingin. **"Gusto kong magalit sa sarili ko dahil hindi ko nagawang ipaglaban ka sa kanila, Maxpein."** Aniya habang nakatingin sa mga mata ko. **"Ako ang dapat na dumaranas niyang sakit at hindi ikaw."**

"Pero kahit na gustohin kong mawala 'to sa buhay ko, Dad, nasa akin na ito." Pilit ang ngiting tugon ko. **"Kahit na ilang beses kang magsorry sa 'kin at humingi ng tawad, hindi na mababago ng mga 'yon iyong sakit na naranasan ko at lalong hindi na niyon mababago ang mga pinagdaanan ko."**

"Salamat sa pang-intindi, Maxpein, hindi ko inaasahang magiging ganito kalawak ang pang-intindi mo sa akin, anak, salamat."

'Dahil 'yon pa ang isang masakit. Iyong nasasaktan ka na pero wala kang magawa kung hindi ang intindihin na lang ang lahat dahil wala ka ng ibang choice, wala kang ibang option.'

"Pero sana ay m-maintindihan mo si Maze." Biglang dagdag niya at doon nablangko ang mukha ko.

Ilang beses akong bumuntong-hininga, kumurap at kung anu-ano pa, para lang maintindihan ko 'yong maikli at simpleng linyang binitiwan niya. Pero

wala akong maintindihan maski isa.

'Paano at bakit ko iintindihin si Maze?'

"Dad, lahat ng sinabi mong pagkukulang mo ay maiintindihan ko. Pero si Maze? Who the hell is Maze?" Pigil ang galit na tanong ko. Iiling-iling siyang napayuko habang bumubuntong-hininga. **"Hindi ko kailanman maiintindihan si Maze dahil siya ang kaisa-isang taong nagkaroon ng kapangyarihan para baguhin ang pagkatao ko't paikutin sa palad niya ang buhay ko."**

"H-Hindi ganoon iyon, Maxpein," malumanay na aniya at napamaang naman ako. Ito ang mga bagay na hindi namin kailanman napagkasunduan. **"Hindi siya gaya ng iniisip mo."**

"Kung ganon, bakit hindi niya ako bigyan ng dahilan para mabura ang masasamang tingin ko sa kaniya? Naririnig mo pa ba ang sinasabi mo, Dad? Alam mo ang lahat ng nangyari sa pagitan namin ni Maze tapos ganiyan ang sasabihin mo? Na hindi siya gaya ng iniisip ko? Do you really have any idea about what I think of Maze?"

"Pein, please."

"Hindi ko sinasabing pakinggan mo ako, hindi ko rin sinasabing kampihan mo ako, pero 'wag mo naman sanang *palinisin* 'yong pagkatao ni Maze sa isip ko?"

"Dahil ginagawa niya lang lahat nang iyan para sa ikabubuti mo, Maxpein Zin."

"Bumuti ba ang lagay ko?" Sarkastikong tugon ko at napamaang siya. **"Hindi ko maintindihan."** Iiling-iling pang dagdag ko. **"Hindi ko hiniling kahit kailan na intindihin niya ako at mahalin kaya sana ay 'wag mong gawin sa 'kin 'yon, Dad. Kinausap niya si Randall at tinakot para lang hiwalayan ako. Naayos ba niyon ang buhay ko? Hindi ba't kaya nga ako ganito dahil pinangunahan niya ang buhay ko?"**

"Pein, nagloloko ka na sa pag-aaral mo bago pa man kayo maghiwalay ni Randall, nakalimutan mo na ba? Noong magsimula kang magkaproblema sa grades mo, doon lang nagsimulang magalit si Maze sa 'yo nang todo."

"Sabihin na nating ganon nga, pero bakit kailangang umabot sa ganoon? Bakit may pananakot? Para pa rin ba 'yon sa ikabubuti ko?"

"Oo."

Napamaang ako. **"Paano? Ipaintindi mo sa 'kin."**

"Kung hindi niya ginawa 'yon, sa tingin mo ba ay nandito ka ngayon sa harap ko? Hindi. Kung hindi niya ginawa 'yon ay paniguradong lugmok ka pa rin hanggang ngayon."

'Lugmok? Lalong hindi ko naintindihan.'

"Nakikita mo ba ako?" Angil ko. Ipinakita ko sa kaniya ang kabuuan ko. **"I am very much different now from what I am before and it's because of your damn *good* wife!"**

"Calm down, Maxpein, please..." Mahinahong pakiusap niya.

"Why do you have to say this? I never asked you to understand me pero 'wag mo naman iparamdam sa 'kin na mas kinakampihan mo si Maze kaysa sa 'kin dahil ako ang nasaktan!"

"Hindi ko siya kinakampihan, wala akong kinakampihan sa inyong dalawa, anak."

"Eh, ano 'yan? Ano 'yang ipinapakita mong 'yan?" Tanong ko na itinuro pa ang dibdib niya. Hindi ko na mapigilan ang namumuong galit sa kalooban ko, nagbabadyang mailabas ang lahat ng hinanakit ko.**"Pinaglaruan niya ang buhay ko. Ipinaramdam niya sa 'kin kung gaano kahina ang ulo sa kabila nang pag-aaral ko ng mabuti. Mas matalino lang kayo kumpara sa 'kin pero hindi ibig sabihin niyon ay bobo na ako. Sinaktan niya ako sa hindi makatarungang paraan. Si Randall lang ang meron ako, bakit kailangang ipagdamot ninyo?"** Naiiyak nang tanong ko. **"Sinaktan niyo kaming pareho at hindi madaling tanggapin 'yon."**

"Kailangan mo pa ring irespeto si Maze, 'wag mong kalilimutan 'yan, Maxpein." Nag-uutos ang tono niya.

"But you're not answering my questions here, Dad."

"I am not in the position to speak up and tell you everything."

Natuliro ako. **"What do you mean?"**

"Pein, you're still young. Makakapag-aral ka ng walang nobyo at magtatagumpay ka nang mag-isa. Hindi mo kailangang magmadali dahil--"

"I know that but that's not the point! I may be young, but I've got feelings too!" Singhal ko at natigilan siya. **"Hindi ako iyong tipo nang babaeng hindi makatiis ng walang relasyon--pero hindi niyo ko kailangang saktan ng gano'n. At sinasaktan niyo pa rin ako hanggang ngayon. Inuunti-unti niyo pa. Salamat."** Mapaklang sambit ko. **"Ang irespeto si Maze sa kabila nang mga ginawa niya sa 'kin ay hindi**

makatarungan. Pero ang bastosin si Maze sa lahat ng paraan--'yon ang mabibigyan ko ng dahilan."

"Maxpein!" Angil niya at natigilan ako. Batid kong galit na siya at nawawalan ng pasensiya. **"Kung hindi mo siya kayang irespeto bilang step-mother mo--please, at least... bilang *tao*, subukan mo siyang irespeto!"**

"Irespeto bilang tao? She never acted as human in front me, why the hell would I respect her as a damn *human*!"

"Tigilan mo ang pamamaraan mo ng pag-iisip at pagsagot sa akin, anak lang kita at ako ang dapat na masunod!" Sigaw niya. **"Kung hindi mo siya kayang irespeto bilang asawa ko, bilang step-mom mo o bilang tao. Huling pakiusap! Irespeto mo man lang siya bilang mas *nakatatanda* sa 'yo!"**

Umiling ako. **"Hindi ko 'yan kayang ipangako kaya ngayon pa lang ay hihingi na ako nang paumanhin sa 'yo."** Agad na tugon ko na ikinagitla niya. **"Nakakainis sa pakiramdam na kahit na ikaw 'yong tama, kailangan mong *magpakumbaba* dahil lang siya ang mas nakatatanda. Ang pagpapakumbaba sa paniniwala ko ay wala sa edad, nasa sensiridad ng tao 'yon, Dad."** Mapaklang dagdag ko.

Hindi agad siya nakasagot kaya naman matapos ang sunod sunod na buntong-hininga niya ay tumayo na ako't naglakad papalabas. Hindi ko naramdaman ang pagsunod niya kaya naman nagtuloy na ako.

Naglakad ako papalabas ng village na 'yon at may sama nang loob na naghintay ng taxi. Pagkasakay na pagkasakay ko ay doon ko na hindi nagawang pigilan ang sarili ko. Napaluha ko at hindi ko alam kung anong mararamdaman ko. Masiyadong naghalu-halo ang emosyon ko at pakiramdam ko ay kinakayod ang puso ko. Nasasaktan ako at 'yon lang ang alam ko ngayon.

OceanofPDF.com

CHAPTER 102 : INTERHIGH Opening Remarks

DEIB'S POV

Mabilis na lumipas ang sunod sunod na araw. Nagpaulit-ulit lang ang ginagawa ko. Babangon sa umaga, kakain, papasok, magkaklase, uuwi at matutulog. Nakakabagot pero kailangan kong gawin at pagdaanan. Ang totoo ay hindi ko na kailangan pang magtago at umiwas dahil talagang hindi ko na nakita pa si Taguro. Iyon pa rin ang huling beses na nakita ko siya at kahit yata hilingin ko sa langit na makita siya ay hindi ipagkakaloob sa 'kin. Masama ang loob ko dahil ako ang nagplanong umiwas sa kaniya ngunit parang ako 'yong sumusuko.

Dumaan ang araw nang *Miyerkules*. Wala akong ginawa kung hindi ang palihim na sulyapan ang mga kadalasang dinaraanan ni Taguro pero maski anino niya ay hindi ko nakita. Iyong mismong araw na iyon ay natapakan ko ang paa ni Parrot pero hindi sila magkasama. Aaminin kong no'ng mga oras na 'yon ay hinihiling kong paa na lang sana ni Taguro ang aksidenteng natapakan ko.

Dumaan din ang araw nang *Huwebes* at *Biyernes*. Pero sa parehong araw na iyon ay pinanindigan ko ang pag-iwas ko kaya naman inaya ko sina Lee at Tob para sa mall na lang kumain, dahil alam kong makakasabay ko sina Taguro sa Canteen. Nang makarating naman kami ro'n, nakadalawang subo lang ako at wala nang ganang kumain. Korean resto ang pinili nila at bawat pagkaing nakahain ay may imahen ni Taguro.

Ang *Sabado* ko ay parang dumaan lang at ngayong *Linggo* na, pakiramdam ko ay malalagutan na ako nang hininga.

Wala akong ganang mabuhay at naiinis ako. Sa mga dumaang araw na 'yan ay hindi ko nakita si Taguro. Mag-iisang linggo na bukas dahil Lunes pa iyong huling araw na nakita ko siya. Naging napakaboring nang mga dumaang araw para sa 'kin.

'Bakit kailangang ganito ang maramdaman ko? Ako naman ang may gusto nito, 'di ba? Bakit parang ako pa 'yong hindi kaya?'

Dahan dahan kong iminulat ang mga mata ko at tumama ang paningin ko sa wall clock. 12:00 noon. Simula nang magising ako kaninang alas otso ay

hindi pa ako bumabangon.

No gurgle.

No mouthwash.

No toothbrush.

No half bath.

No body wash.

No breakfast.

No lunch.

No reason to get up from bed!

'Damn it! Deib, what the hell is wrong with you?'

Nakapikit ako't kunot-noong pinalis ang lahat sa isip ko nang biglang magvibrate ang cell phone ko, padarag kong kinuha 'yon.

"Oh?!" Inis na sagot ko.

"Bumaba ka riyan!" Boses ni Tob.

"Ha? Bakit?"

"Baka nandito ako sa sala niyo? Psh!"

"Ha? Anong ginagawa mo riyan?"

"Nandidiring umakyat diyan! Hahahaha! Ang sabi nang napakaganda mong Mommy ay hindi ka pa raw bumabangon simula kanina. Walang kain, walang inom, walang hilamos, walang sepilyo at mas lalong walang ligo. Kaya hinding hindi ako aakyat diyan! Kumilos ka na at bumaba ka na rito kapag mabangong mabango ka na."

"Tsk! Ano bang pinagsasasabi mo, Tob?"

"Nandito nga ako sa bahay niyo, dre, hindi lang ako makaakyat diyan dahil amoy sumpa ka pa. Maligo ka na."

"Ano ba kasing ginagawa mo rito?" Inis na tanong ko.

"Ikukondisiyon ko 'yang utak mo! Umayos ka na kung ayaw mong magwala ako rito, Enrile!"

"Tsk! Oo na, maghintay ka riyan!" Singhal ko 'tsaka lalamya-lamyang bumangon para makaligo. Kaya naman mahilo-hilo pa ako nang makababa. **"Ano ba kasing trip mo't sumugod ka pa rito?"** Inis na tanong ko kay Tob pagkababa ko.

"Hmm! Hanep, amoy Kenneth Cole, ah? Hahaha! Ayaw mangamoy sumpa, dre?" Pang-aasar agad niya, sumimangot lang ako. **"Hindi mo sinasagot ang mga tawag at texts ko, nag-aalala na ako sa 'yo. Kumain ka muna."**

"Wala akong gana."

"Anak nang putsa, dre, dinaig mo pa ang brokenhearted!"

"'Wag ka ngang maingay!" Singhal ko. **"Nandiyan si Noona, baka marinig ka. Tsk."**

"Eh, kung ayaw mong marinig, dre, kumain ka na!" Mahinang sigaw niya sa 'kin. **"May dala akong Chef's Diet. Hehehe."**

"Talaga?" Namamanghang tanong ko at tumango naman siya 'tsaka kami pumunta sa dining area.

"Wow!" Bungad sa 'min ni Mommy. Kumpleto na ang lahat doon. **"Bilib na talaga ako sa 'yo, Tobi, anak, napababa mo ang baby ko! Hihihihi! Mm, halikayo rito, kain na! Kain!"**

"Mom, pasalubong sa 'kin 'yan ni Tob."

"Oo nga, baby pero marami naman siyang dinala, oh? Here," inabot niya pa sa 'kin ang isang box.

"How's your grandmom, Tobi?" Tanong ni Dad dito.

"Si Lola ay ganon pa rin, Tito, sobrang sungit. I've no choice but remain calm and silent whenever she's around."

"Pagpasensiyahan mo na lang dahil may edad na. Pupunta raw ba ang Dad mo sa sportsfest niyo?"

"Yes, Tito, darating sila ni Mommy."

"Yiiieee! Makikita ko si Sumi! Hihihihi!" Natutuwang ani Mom. Mommy ni Tob ang tinutukoy nito.

"Yes, Tita," nakangiting tugon ni Tob. **"Excited na rin si Mommy na makita kayo."**

"How about Lee's parents?" Tanong naman ni Noona.

"Dumating na rin sila no'ng isang araw lang, pupunta rin sila siyempre. Darating din ang grandparents ni Kim."

"That's exciting, kumpleto ang stockholders kung ganon."

"Are you okay, son?" Tanong sa 'kin ni Dad mayamaya pa, doon ko lang namalayang hindi ko na naiintindihan ang pinag-uusapan nila.

"'Oy, Deib, umayos ka naman," bulong sa 'kin ni Tob.

"M-Maayos naman ako, ah?" Bulong ko rin sa kaniya 'tsaka tumingin kay Dad. **"Of course, I'm okay, Dad--"**

"Tatambay muna po kami sa park. Hehehe! Tara, dre," bigla akong hinila ni Tob patayo. **"Body conditioning po ang gagawin namin. Hahaha! Parte nang preparasiyon sa game,"** palusot niya pa 'tsaka ako hinila palabas nang bahay. **"Ano ka ba?"**

"What?"

"Anong nangyayari sa 'yo? Parang wala ka sa sarili mo."

"Tch. Hindi ko alam ang sinasabi mo, Tob."

"Deib, ginagawa ko 'to hindi lang para sa 'yo, kundi para sa buong team natin. Kung nagkakaganiyan ka nang dahil kay Taguro, hindi 'yan makakabuti sa 'yo at sa buong team. Baka masira ang laro mo. Inter high na bukas, dre."

"Okay lang naman kasi ako, Tob."

"Hindi ka mukhang okay, Deib." Pamimilit niya. **"Tinawagan ako ng Mommy mo para papuntahin ako rito, siya mismo at ang Daddy mo ay nahahalatang hindi ayos ang lagay mo nitong mga nakaraan. Para ka raw wala sa sarili."**

Hindi ako nakasagot. Hindi man lang pumasok sa isip kong mahahalata nila ako.

'Kunsabagay, OA ang Mommy ko kaya sumimangot lang ako ay nag-aalala na siya. Tch.'

"Ano ba talagang nangyayari sa 'yo? Kasi kung ayaw mo talaga 'yang nararamdaman mo, bakit nagkakaganiyan ka ngayon? Hindi kita nakitang nagkaganito kay Kim, dre. Nag-aalala rin tuloy ako sa 'yo. Sabihin mo sa 'kin kung anong nagpapahirap sa 'yo, gagawin ko lahat ng makakaya ko para maging okay ka uli, dre."

Nakonsensiya ako nang makita ko ang sinseridad sa mga mata ni Tob. Hindi siya nagbibiro at talagang seryoso siya sa sinasabi niya. Ginagawa niya lang ito hindi para sa 'kin kundi para sa buong team namin bukas. Ako man sa sarili ko ay aminadong hindi makakabuti para sa team mates ko ang manatili akong ganito.

Bumuntong-hininga pa muna ako. **"Naiinis ako dahil parang hirap na hirap na ako,"** panimula ko at mataman niya naman akong pinakinggan. **"Gabi gabi ay naiisip ko ang itsura niya. Oras oras ay inaalala ko kung paano kaming nagkakilala. Minu-minuto ay iniisip ko kung ano kayang ginagawa niya? Kumain na ba siya? Nag-aaral pa kaya siya? Nakauwi na ba siya? Okay lang ba siya? May problema ba siya? May umaaway pa ba sa kaniya? Tch. Lahat ay gusto kong malaman pero hindi ko siya puwedeng makita dahil ayaw kong mas tumindi pa 'yong nararamdaman ko para sa kaniya."** Tuloy tuloy na sambit ko at wala sa sariling nagpapakatotoo. **"Tob, kaunting kaunti na lang.. susuko na ako. Parang nanghihina ako, eh,"** halos mangilid ang mga luha ko sa sobrang pagkakakunot nang noo ko. **"Mukha na akong tanga dahil ayaw ko**

nitong nararamdaman ko pero... nagkukusa, eh? Ang hirap hirap pigilan!"

"Deib..." Hinawakan niya ang balikat ko at tinapik iyon. **"Dre, wala naman kasing nagsabi sa 'yong pigilan mo 'yong nararamdaman mo, 'di ba? Wala ring nagsabi sa 'yong iwasan mo siya. Lahat 'yan, ginusto mo, ikaw ang nagplano."**

"Pero hindi ko nga maintindihan kung bakit nahihirapan ako? Bakit ganito kahirap pagdating sa 'kin?"

"Kasi nga... pinipigilan mo. Tinitiis mo. Dre, lahat nang pinipigilan at tinitiis ay mahirap."

"Kung hindi ko pipigilan at titiisin, lalala 'yong nararamdaman ko."

"Eh, di lumala kung lalala? Kasi, dre, mas magiging madali para sa 'yo 'yon, eh? Mas madali kung hahayaan mo ang sarili mong gustohin si Max, kaysa 'yong ganiyang pinipigilan mo--tingnan mo kung anong nangyari sa 'yo? Deib, puwede mong gustohin si Max hangga't kaya mo, hindi 'yong ganiyang pinahihirapan mo pa ang sarili mo. Walang pumipigil sa 'yong magkagusto ro'n sa tao."

"Hindi mo kasi naiintindihan, Tob, eh."

"Naiintindihan kita--"

"HINDI!" Asik ko at natigilan siya. **"Hindi mo ako naiintindihan, dre!"**

"Ang alin ba kasi ang hindi ko maintindihan sa 'yo, dre?" Nalilitong tanong niya.

"Ayaw ko nga nitong nararamdaman ko!"

"Eh, wala ka ngang magawa, 'di ba? May gusto ka na sa kaniya at wala ka nang choice kung hindi tanggapin 'yon! Psh! Nagdesisyon ka namang umiwas, 'di ba? Kaso ikaw lang din ang nahirapan! Ano bang problema sa pagkakaroon nang gusto sa kaniya? Ayaw mo no'n, inspired ka sa t'wing makikita mo siya? Kikiligin ka sa t'wing ililigtas ka niya? Kapag nag-asaran kayo ay magkakalapit ang mga loob niyo."

"Mali, eh!"

"Anong mali ro'n? Wala akong makitang mali ro'n, dre, dahil doon kita nakitang okay na okay noon. Psh. Daig mo pa ang brokenhearted ngayon, dre, alam mo ba 'yon? Bagsak ang katawan mo at ang laki niyang eyebags mo samantalang iilang araw pa lang mula no'ng umiwas ka kay Taguro. Ang pangit mo na! Kung hindi ka nga lang naligo ngayon ay ayaw na kitang kaibigan!"

"Tch! Wala siyang kinalaman sa katawan ko, okay?" Inis na tugon ko.

"Alam mo? Isa lang 'yan, eh," nakangiwing aniya at sinamaan ko naman siya ng tingin. **"Hindi mo na siya gusto, dre, *mahal* mo na si Taguro! Mahal mo na siya!"**

"Hindi niya nga kasi ako gusto!" Inis na singhal ko at natigilan siya. **"Hindi niya ako gusto--hindi niya ako mahal! Wala siyang gusto sa 'kin at mas lalong hindi niya ako kayang mahalin! Ano, naiintindihan mo na? Tch! Kaya hindi ko matanggap 'tong nararamdaman ko dahil alam kong hindi niya ako gusto! Dahil alam kong hindi kami pareho nang nararamdaman! Dahil alam kong hindi puwedeng maging kami at wala ako maski katiting na pag-asa sa kaniya!"**

"D-Deib, 'wag mong sabihin 'yan," natutulirong tugon niya, batid kong nagulat siya sa mga sinabi ko. **"Hindi ka naman nakakasiguro kung ganiyan nga--"**

"Sigurado ako!" Pigil ko sa kaniya. **"Siguradong sigurado ako dahil sinabi niya 'yon sa mismong harapan ko!"**

"You gotta be kidding me?" Hindi makapaniwalang bulong niya.

"I am not," napapayukong tugon ko 'tsaka emosyonal na ibinahagi sa kaniya iyong oras na sinabi ni Taguro na hindi niya ako gusto. Simula umpisa hanggang dulo, walang labis walang kulang. **"T'wing maiisip ko kung paano niyang hinawakan ang kamay ko--kung paano niya akong niyakap matapos niya akong iniligtas, tsk! Lalo lang nadaragdan 'yong nararamdaman ko, eh. Gustong gusto ko siyang makita kahit na alam kong balewala lang ako sa kaniya! Ano naman ang magugustohan at mapapala niya sa 'kin? Eh, ako lang naman 'yong nagpahirap sa pananatili niya sa BIS? At higit sa lahat ay nandiyan si Randall na kinausap lang nang step-mother niya para iwan siya!"** Nangingilid ang mga luhang singhal ko. **"Ang hirap para sa 'kin na tanggaping na-in love ako sa taong dating kinamumuhian ko pero hindi ako magawang mahalin lalo na ngayong bumalik na ang taong talagang minahal niya."**

"Deib... bakit hindi mo sinabing ganiyan pala ang nararamdaman mo? Psh!"

'Kung hindi niya ako kayang mahalin... kaya ko rin siyang kalimutan!'

Napabuntong-hininga ako at ang sama sama talaga nang loob ko.

'Bakit kailangang masaktan ako nang ganito?'

"I've convinced everyone else that I don't like you and I don't want you," wala sa sariling usal ko. **"Now all I need is to convince myself,"** mahinang dagdag ko at napatitig na lang sa 'kin si Tob at hindi na nakapagsalita pa.

Hindi namin nagawa ang *body conditioning* na sinasabi ni Tob pero pakiramdam ko ay gumaan ang pakiramdam ko. Nailabas ko ang sama ng loob ko kaya naman nagawa kong kumain no'ng hapunan. Pagdating ng gabi ay inabala ko ang sarili ko sa kapapanood ng basketball sa TV kahit na ang nakikita kong manlalaro ay si Taguro.

Kinabukasan.

Maaga akong nagising dahil hindi rin naman ako masiyadong nakatulog kagabi.

'Tch! Masiyado yata akong excited.'

Napaupo ako sa kama ko at kumuha ng tubig sa ref ko sa kuwarto. Napaisip ako habang umiinom at siyempre, may kinalaman na naman kay Taguro 'yon.

'Kumusta na kaya siya? Makikita ko kaya siya ngayon? Gustong gusto ko na siyang makita.'

Nanlulumo ako sa sarili kong isipin dahil batid kong sinasabi lang nito ang laman ng puso ko kahit kumontra ang bibig ko. Napabuntong-hininga ako sa katotohanang wala siyang pakialam kahit na makita niya ako. Hindi ko na magawang awayin ang sarili ko dahil sa loob loob ko'y tanggap ko na rin namang may gusto ako sa kaniya, nilalabanan ko lang talaga.

'Umaasa akong makikita kita ngayon, Taguro. Kahit sa malayo lang. Gusto kitang makita.'

Parang hinaplos ang puso ko at napangiti ako sa isiping 'yon. Animong mahigit sa walong oras ang itinulog ko nang tumayo ako't magsimulang kumilos.

Isang oras mahigit ang itinagal ko sa paghahanda papasok bago ako bumaba.

"Omo! Wow, ready na ang baby ko for the game!" Masayang bungad sa 'kin ni Mommy, mahal na mahal ko siya nang dahil doon. **"Good morning, baby!"**

"Good morning, Mom." Natatawang tugon ko. **"Morning, Dad, Manang."** Bati ko rin sa mga ito. **"Where's Noona?"**

"Nako, sinundo sina Nono at Joan sa pier dahil manonood din sila ng laro mo, hijo." Tugon ni Manang. **"Ano nga bang oras iyong laro mo,**

Deblor?"

"Sa totoo lang ay hindi ko pa po alam, Manang, ngayong umaga pa lang kasi namin malalaman kung anong schedules ng laro at kung sinong kalaban."

"Ganoon ba?" Aniya pa at tumango naman ako.

"Pero sigurado namang may laro kayo ngayon, Deib Lohr?" Tanong ni Dad.

Tumango ako. **"Panigurado po 'yon, Dad. Hindi na sila magsasayang ng oras dahil alam nilang may katagalan ang inter high."**

"Eh, di kung ganoon ay makakapunta pa rin pala kami ngayon? Paghusayan mo, anak."

"Oo naman yes, Dad. Hehehe."

"Eh, di magpicture na tayo! Hihihihi!" Anyaya ni Mommy at wala na kaming nagawa. Habang kumakain pa lang ay kumuha na siya ng iba't ibang litrato. **"Yiiieee! Mapapanood ko na rin pala si Maxi!"**

"Huk!" Nabilaukan ako sa sinabi niya.

"Oh, baby, are you okay?"

"Y-Yes, Mom."

"Hihihihi! Nabanggit ko lang 'yong Maxi, eh!" Panunukso niya pa kaya nanlaki ang mga mata ko't nagkunot-noo sa kaniya. **"Yiiieee!"**

"Tch."

"Anong sports nga pala ni Maxi, hijo?" Tanong ni Manang.

Sumimangot ako. **"Billiards, Manang."**

"May laro naman kaya siya?"

"Hindi ko po alam, Manang, pero ang nasisiguro ko ay m-may dance number silang dance troupe ngayon. Opening remarks." Nauutal pang kuwento ko sa pinakamahinang paraan na makakaya ko.

"Wow!" Bulalas ni Mommy. **"Dance troupe siya?"** Namamanghang tanong niya at tumango naman ako. **"Wow! Panoorin natin siya, Dad!"** Baling niya pa rito.

"Of course, sweetheart. We'll watch her." Nakangiting tugon ni Dad at nilambing naman ito ni Mommy.

"Aba'y napakatalentado namang pala niyong batang iyon, ano?" Nakangising tanong ni Manang at bumuntong-hininga na lang ako.

'Nakakayamot! Wala naman silang ginagawa pero bakit pakiramdam ko ay tinutukso nila ako kay Taguro? Hindi ko naman nakikita si Taguro pero parang.. k-kinikilig ako. Tch! Bading na yata ako!'

Matapos kong mag-agahan ay nagmadali akong umalis, ayaw kong asarin pa nila ako. Tinawagan ko si Tob habang nagdadrive papasok.

"Hello?" Sagot niya. **"Nasaan ka na, dre?"**

"Papasok na, ikaw?"

"Papasok na rin. Ang aga mo naman yata, Enrile? Hehehehe!"

"Excited, eh. Hehehe!"

"Maglaro o makita si Taguro?" Napakaprangkang tanong niya kaya muntik ko nang maipreno ang kotse ko sa sobrang pagkagulat.

"A-Ano bang sinasabi mo--siyempre, sa laro!"

"Ulol! Nauutal ka pa, ah?" Pang-aasar agad niya. **"Eh, di excited ka ngang makita si Taguro? Hahahaha! 'Wag kang mag-alala dahil tapos na ang paghihirap mo, dre, makikita mo na siya."**

"'Wag mo nga akong badtrip-in!"

"Hahaha! Sige lang, Enrile, pagbibigyan kita para mas maganda ang laro mo."

"Tch. Ganiyan nga, Yanai, umayos ka dahil kapag nawala ako sa mood ay yari ka! Hehehe!"

"Psh! Akala mo naman ay panonoorin ka ni Max? Bwahahahahaha!" Biro niya at natahimik naman ako. Nakangusong napaisip.

'Panonoorin niya nga kaya ako?'

"Hoy!" Sigaw niya.

"Ano ba!" Sigaw ko rin nang magulat ako.

"Hahaha! Bakit hindi ka na nakapagsalita, ha? Hahaha!"

"W-Wala! Tch!"

"Sus! Hahaha! Naaaay! Napapaisip 'to kung panonoorin nga kaya siya ni Taguro, eh! Naaaay! Don't lose hope, dre, never give up! Malay mo naman, wala siyang game at panoorin ka, 'di ba?"

"Paano kung may game din siya?"

"Eh, bakit affected ka? Akala ko ba ay iiwasan mo na siya? Bwahahahaha! Nahuhuli ka rin talaga sa sarili mong bunganga, eh! Tsk tsk tsk!"

"H-Hindi ko mapigilan, eh." Nangingiti ring tugon ko.

"Haaaay! In love ka na, dre!"

"H-Hoy! Anong in love--"

"Sige, itanggi mo, ulol!"

"Eh, h-hindi naman kasi talaga ako in love sa kaniya. Tch!" Nakangusong tugon ko.

"Bahala ka sa buhay mo! Kung ako sa 'yo, dre, namnamin mo na lang at i-enjoy 'yang nararamdaman mo dahil baka mas makatulong pa 'yan sa 'yo kaysa sa ganiyang patanggi-tanggi mo--niloloko mo lang ang sarili mo. Hayaan mong magkusa, dre. Dahil ang pag-ibig na nararamdaman, mas masarap kapag hindi pinipigilan. Hehehe!"

"Shut up, nakakadiri ka!"

"Bading ka, Enrile! Oh, siya, sige na! Magkita na lang tayo ro'n! Natawagan ko na si Lee, parating na rin 'yon!"

"Sige, ingat!" Tugon ko 'tsaka ngingisi-ngising ibinaba ang linya.

May kakaibang tuwang iniwan ang usapin 'yon sa dibdib ko.

'Sira-ulong Yanai, hehehehe.'

Binilisan ko ang pagmamaneho at ilang minuto lang ay narating ko na ang parking lot ng BIS. Inayos ko pa muna ang sarili ko bago tuluyang bumaba. Kinuha ko ang mga gamit ko sa compartment at bago pa man ako pumihit palayo ay palihim ko munang sinulyapan ang parking ng mga motor.

'Kailangang mauna siya sa 'kin.'

Ngunit bumagsak ang mga balikat ko no'ng mamataan kong wala pa ro'n ang motor nila ni Parrot.

'Tch! First day na first day--late! Tsk tsk! Hindi bale, imposible namang hindi kita makita ngayon, eh. Hehehe.'

Inis akong naglakad papasok ng campus at gulat akong makitang kasalubong ko na sina Lee at Tob. Nasa harapan sila ng isang bulletin board na nasa gitna nang quadrangle. Lumapit ako sa kanila at eksakto namang lumapit din sa 'min si Coach.

"Oh, nakita niyo na ang sched?" Tanong pa ni Coach at tumingin naman ako sa bulletin. **"First game natin ay alas dies."** Aniya pa na itinuro ang papel na nakadikit doon.

'First day na first day e late!!! Tsk tsk!'

"Bakit late naman yata, Coach?" Tanong ni Tob.

"Billiards ang mauuna," ani Coach at nagkatinginan naman kami ni Tob, pasimple at palihim. **"Maganda na rin 'yon para makapanood tayo."**

Pinigilan ko ang mapangiti. Meron sa loob kong talaga namang natuwa sa katotohanang mapapanood ko si Taguro bago kami maglaro.

'At least makikita ko siya bago ako maglaro, nyahahahaha! Tsk! Ano ba 'tong naiisip ko! Badtrip! Wala akong pakialam sa kaniya! Maglaro siya! Late siya! Peste!'

"Enrile?"

"Coach?"

"Are you ready?" Tanong niya at tumango naman ako 'tsaka bumuntong-hininga. **"Hayon ang players ng Luna University,"** aniya 'tsaka inginuso iyong kumpulan nang nagtatangkadan na players.

Napalunok ako. **"Ang tatangkad naman ng mga 'yan?"**

"Kinabahan nga ako, eh!" Biglang sumulpot mula sa likuran namin si Chris. **"Hahahaha! Putsa, baka kaltukan lang tayo nang mga 'yan, eh!"**

"Iyong maliit na 'yon," inginuso ni Coach 'yong pinakamaliit nga sa grupo nila. **"Nag-iisa siyang maliit sa team nila, siya si Kev Gonza, ang captain ng team ng Luna."**

"Aahh...." Sabay sabay kaming napatango.

Nanatili akong nakatingin sa Kev Gonza na 'yon dahil napakaraming babae ang lumalapit sa kaniya at nagpapapicture. Do'n ko lang din napansin kung gaano na kaming students ang nandoon at batid kong hindi lang mga BIS students 'yon, halu-halo na.

"Ang daming nagpapapicture, chick boy si punggok." Tatawa-tawang biro uli ni Chris.

"Dito gaganapin ang opening remarks kaya nandito pa ang lahat, pero sabay sabay tayong pupunta sa SIS mamaya dahil doon talaga ang laro." Ani Coach at napangiwi naman ako.

'Badtrip! Nandoon si Randall, eh! Ibig sabihin, magkikita rin sila ni Taguro? Nakakainis!'

Hindi ko nagustohan ang isiping 'yon kaya naman nakanguso ako habang nagmi-meeting kami nina Coach. Ilang minuto pa ay narinig na namin ang mic testing mula sa stage kaya isa isa kaming naglakad papalabas ng Gym. Mas marami na ang students kaya nangingibabaw na ang ingay.

"WAAAAAAAA! GO, ENRILE!"

"YANAI!"

"GOZON!"

Nangibabaw pa rin pala ang mga apelido namin at nakakatuwang isipin 'yon. Nakakabingi ang tilian ng mga babae lalo pa no'ng papalapit na kami. Naging dahilan 'yon para mapalingon sa 'min ang ibang players at magbulungan. Karamihan sa mga 'yon ay maaangas ang tingin sa 'min

habang pinagmamasdan kaming maglakad ngunit hindi na namin 'yon pinansin.

"ANG GAGARA NG MGA SAPATOS, EH."

"ANO PA ANG AASAHAN MO, EH, MGA ANAK NG BIGTIME 'YANG MGA 'YAN."

"HAHAHAHA! SANA AY BIGTIME DIN KUNG MAGSILARO."

"ANG DINIG KO'Y MAGAGALING SILA."

"MM, HINDI RIN NAMAN SIGURO SILA MAGCHA-CHAMPION KUNG HINDI."

"PUWERA NA LANG KUNG *WEAK* ANG MGA NAKALABAN NILA. HAHAHAHA!"

Napabuntong-hininga na lang ako sa kayabangan no'ng mga nagbubulungang team. Ngunit kumunot ang noo ko no'ng mamataan ko ro'n si Kev Gonza, doon ko napagtantong sila 'yong mga taga-Luna.

'Tch! Mga hambog! Sumama kayo kay Taguro at bumuo kayo ng kulto! Mga peste!'

"Enrile, calm down." Natatawang bulong sa 'kin ni Coach.

"Tch. I'm calm." Payabang na tugon ko. **"Masiyado lang talaga silang mayayabang, wala naman sila sa teritoryo nila."**

"Mapupunta rin tayo ro'n."

"Oo, pero hindi ako aasta ng ganiyan kayabang sa teritoryo nila."

"Alam ko, kaya nga nasa team kita, eh. Dahil may magandang attitude ka, hahaha! Huwag mo na lang pansin, may laro tayo mamaya, baka makaapekto sa 'yo."

"Hindi sa isang Deib Lohr Enrile, Coach." Mayabang na tugon ko.

Pasimple na lang kaming natawa ni Coach sa isa't isa 'tsaka nagpatuloy sa paglalakad papalapit sa stage. Nandoon pa rin ang ingay ng mga babae at mga bakla na natigil lang noong umakyat sa stage sina Mr. Faller kasama ang iba pang head ng sports.

"GOOD MORNING, INTER HIGH!" Malakas at buong puwersang bati ni Migz sa mikropono dahilan upang magising ang diwa nang lahat. Mas umingay ang buong BIS sa sigawan at pananabik.

"Tch.." at hindi ko na pinansin pa ang mga narinig ko at nagtuloy na lang ako sa paglalakad papalapit sa stage kung saan nakita ko ng nakatayo sila Mr. Faller, iba pang mga head ng sports at si Migz. **"Finally, our most awaited inter high school is here! Na-excite ba kayo ng bongga no'ng marinig ninyong ngyaon na ang inter high?"**

"SOBRA!"

"YEEEEES!"

"GO, BIS!"

"GO, LUNA!"

"GO, SIS!"

"WOOOH!"

"ANG ASTIG NG MGA PLAYERS!"

"ANG GAGANDA NG CHEERERS!"

Natawa si Migz. **"Yes, 'no? Yes! Talagang inabangan nating lahat 'yan! Dahil ngayon ba ay walang pasok? Yes, 'no? Yes! Dahil ngayon ba ay walang quiz-quiz at exam-exam? Yes, 'no? Yes! Dahil ngayon ba ay mas maraming time para magsaya at mag-enjoy? Yes, 'no? Yes! Oh, well, I am very sure na ang bawat isa sa inyo ay may kani-kaniyang bet dito sa mga nagguguwapuhan at naggagandahang players na ito, tama?"**

"YEEEEES!"

"BIS!"

"SIS!"

"LUNA!"

"At talaga namang BIS, SIS at LU ang naririnig kong mas malalakas! 'Ayan, 'no? Ayan! Talaga namang napakaaktibo ninyo ngayon, 'no? Dahil wala bang pasok at pulos laro lang ba ang gagawin natin? Yes, 'no? Yes! Excited na ba kayong simulan ang inter high?"

Mas umugong ang sigawan. **"WOOOOOH! YEEEEEES!"** Sabay sabay pa ring sigawan ng lahat.

"Aware naman ba kayong nandito tayo para sa opening remarks?" Tanong niya at nagsigawan uli ang mga tao. **"Very good, akala ko ay ako lang ang may alam. Eh, patatagalin ko pa naman ba ang opening remarks?"**

"BILISAN MO NA! SIMULAN MO NA, BAKLA!" Malakas na sigaw ng isang lalaki at nagtawanan naman ang karamihan.

"Maka-*bakla* naman? Bakit? Nakalimutan ko bang bakla ako?" Malakas na biro ni Migz.

"BWAHAHAHAHAHAHAHA!" Mas lumakas pa ang tawanan.

"Oh, siya, siya! Halina't simulan na natin ang opening remarks!" Sigaw niya 'tsaka tumikhim. **"May we call on Mr. Faller here in front to start our opening remarks, please? Mr. Faller is the BIS' Sports Head."**

Lumapit si Mr. Faller sa unahan at naging maugong ang malakas na palakpakan. Pumayapa lang ang buong quadrangle no'ng maglead ito ng prayer para sa lahat. Inawit din ang Pambansang Awit at paulit-ulit pang ipinaliwanag ang mga rules and regulations sa magaganap na sportsfest. Winelcome ang mga bagong schools at universities, lalo na ang Luna.

'Paniguradong manonood talaga si Randall nito, imposibleng hindi niya panoorin si Taguro. Tsk. Sana ay 'wag na! Tch!'

Kanina ko pa pasimpleng iginagala ang paningin ko, umaasang makikita ko si Taguro ngunit nabigo ako. Saan man ako tumingin ay babaeng kinikilig sa 'kin ang nakikita ko. Sinoman sa kanila ay hindi ko kinakikitaan ng interes dahil 'yong babaeng hambog na 'yon ang gusto kong makita ngayon. Ngayon mismo.

Napasimangot ako no'ng makita ko na si Parrot ngunit bukod kina BJ at Michiko ay wala ng katabi ito. Sa paglilibot ko ng paningin ko ay nahagip ng paningin ko si Mommy na ngiting ngiti at kumakaway sa 'kin. Kasama niya ang lahat at pare-pareho silang nakatingin sa 'kin, wala pa man akong ginagawa ay mukhang proud na proud na sila sa 'kin. Napangiti naman ako't kumaway rin sa kanila.

"Nasaan na sila Max?" Tanong ni Lee no'ng matapos ang panimulang seremonyas, gulat naman akong napalingon sa kaniya 'tsaka palihim na ngumuso.

"Oo nga, Coach?" Sabad ni Tob. **"Dapat ay kasama mo rin sila rito, hehehe."** Dagdag niya na binigyan pa ako ng nanunuksong tingin. **"Ikaw rin ang may hawak ng team nila sa billiards, 'di ba, Coach?"**

"Ah, si del Valle kasi ay kasali raw sa DT at sasayaw pa muna sila. Hindi ko alam kung nasaan si Marchessa." Lilinga-lingang tugon ni Coach.

"Nandiyan na po si Taguro, Coach?" Mahinang tanong ko.

"Oo, nakita ko siya ro'n kanina--"

"Saan?" Gulat na tanong ko dahilan upang mapalingon silang lahat sa 'kin.

"Bwahahaha! Putsa, excited makita si Taguro?" Biro ni Ivan.

"'Yan na nga ba ang sinasabi namin, eh, hahaha! Mai-in love ka rin kay Taguro, p're!" Sawsaw naman ni Remson.

"Ulol kayo! H-Hindi ganon 'yon! May itatanong lang sana ako." Pagsisinungaling ko.

"'Yon ba talaga, Enrile?"

"Oo naman! Tch!"

"Eh, bakit namumula?"

"Manahimik ka, Remson, ah? Baka batohin kita ng bola?"

"BWAHAHAHAHAHAHAHA!" Nagtawanan silang lahat kaya napanguso ako.

"'Oy! Tigilan niyo nga 'yang bestfriend ko dahil kapag nawala sa mood 'yan, yari tayong lahat! Hahaha!" Ani Tob at huminahon naman ako. **"'Wag ka na kasing hanap nang hanap, dre, 'wag kang mag-alala dahil sasayaw rin naman sila."** Bulong niya pa sa'kin na tinapik tapik ako sa balikat.

"Let us all welcome, the BIS Dance Troupe!" Biglang sigaw ni Migz at bigla ring kumabog ang dibdib ko!

"KYAAAAAAAAH!"

"WOOOOOOOAH!"

"'AYAN NAAAAA!"

"MAXPEEEEEEIIN!"

"TAGUROOOOO!"

Napangiwi pa ako no'ng isigaw nila ang pangalan niya ngunit kalaunan ay nangingiti na rin ako. Umere ang tugtugin at doon nawala ang mga ngiti sa labi ko. Lalong kumabog ang dibdib ko at parang dahan dahang nawawala sa pandinig ko ang ingay ng mga tao. Tanging iyong musika lang ang naririnig ko.

'Andwae... maldo andwae!'

Hindi ako makapaniwalang naririnig ko ang kantang iyon ngayon at para akong binuhusan ng nagyeyelong tubig no'ng magsimulang kumanta ang pamilyar na babaeng 'yon!

♫ ♪ ***"You tell me you're in love with me, like you can't take your pretty eyes away from me. It's not that I don't want to stay, but everytime you come too close, I move away. I wanna believe in everything that you say because it sounds so good. But if you really want me, move slow. 'Cause there's things about me you just have to know."*** ♪ ♫

"Nice song..." Tatangu-tangong ani Lee.

'Tch! Sobrang nice nga, eh! Badtrip!'

Pakiramdam ko ay nagtatayuan ang mga balahibo ko, lalo na no'ng mamataan ko na si Taguro.

"WAAAAAAAAAA!"

"MAAAXPEEEIIIN!"

Lalong bumilis ang tibok ng puso ko no'ng mapunta sa harapan si Taguro at doon sumayaw nang sumayaw. Pakiramdam ko ay huminto panandalian ang mundo ko at nawala isa-isa ang lahat ng tao sa paningin ko. Napatingin ako kay Taguro at parang siya na lang ang nakikita kong gumagalaw at sumasayaw.

Parang nabawi ang pananabik ko sa loob ng isang linggo at ang makita ngayon ang napakaganda niyang ngiti ay parang pinawi ang lahat ng lungkot ko.

Nakangiti siya at bakas sa mukha niyang libang na libang siya sa pagsasayaw. Hindi sobrang ganda no'ng uniform ng DT na suot nila pare-pareho pero pakiramdam ko ay napakaganda niya.

'Ano bang nangyayari sa 'kin?'

Hindi siya nakakasawang panoorin at ang sarap sarap sa pakiramdam ko na nakikita ko siya ngayon. May kung anong hindi maipaliwanag na bagay sa dibdib ko ang animong bulaklak na sumisibol at napakasarap sa pakiramdam niyon.

"Grabe, ang galing pala ni, Max?" Namamanghang ani Ivan at nagpigil naman ako ng ngiti.

"Oh, Deib, 'ayan na si Max *mo*, oh!" Mariing biro ni Remson pero imbes na mapikon ay hindi ko na lang sila pinansin.

Hindi ko magawang alisin kay Taguro ang paningin ko at pakiramdam ko ay lalong lumalalim ang nararamdaman ko habang pinagmamasdan ko ang bawat kilos at galaw niya sa pagsasayaw.

"Grabe ang galing ni Max ah!?" si Ivan.

"Oh Deib.. ayan na si Max mo oh!?" si Remson!

Pero hindi ko sila pinansin..

Hindi nawala ang paningin ko kay Taguro at pinagmasdan ko ang bawat kilos at galaw nya habang sumasayaw..

♫ ♪ "Sometimes I run, sometimes I hide. Sometimes I'm scared of you. But all I really want is to hold you tight, treat you right. Be with you day and night. Baby, all I need is time." ♪ ♫

Sobra man kung iisipin pero para akong nasa langit habang pinapanood ko siya, Sa simpleng pagsasayaw niya ay parang nagtatalunan ang bawat kanto ng puso ko at hindi ko mailabas ang tuwang nararamdaman ko kaya naman pati ang pagngiti ay pinipigilan ko.

Animong ipinaiintindi sa 'kin ng mga kilos niya ang liriko ng kanta at sa oras na 'yon ay nasimulan kong gustohin ang kantang 'yon na dating

kinaiinisan ko. Ang saya saya ko sa loob loob ko habang pinagmamasdan ko ng matagal ang mga ngiti niya. Sa dami ng beses ko siyang napanood sumayaw, ngayon ko lang siya nakitang ngumiti ng ganiyan... ganiyang kaganda.

♫ ♪ ***"All I really want it to hold you tight, treat you right, be with you day and night. Baby, all I need is time. Just hang around and you'll see, there's nowhere I'd rather be, if you love me, trust in me. The way that I, trust in you. Sometimes I run, sometimes I hide. Sometimes I'm scared of you. But all I really want is to hold you tight, treat you right. Be with you day and night. Baby, all I need is time."*** ♪ ♫

"HOY!" Sigaw sa 'kin ni Tob bago matapos ang kanta! Gulat at kabado naman akong nilingon siya.

"A-Ano ka ba!?" Singhal ko.

"Anong ikinakanta-kanya mo riyan, dre? Naaaay! Nakakadiri ka, dre! Britney Spears ka? Dre, N'Sync kami! N'Sync! Bakla ka ba?"

"A-Ano?"

"Ulol! Kanina mo pa sinasabayan si Britney na kumanta, nakakadiri ka, dre! Paano mo nasaulo 'yang kantang 'yan, ha? Ehw ka, dre! Ehw!"

"A-Anong ehw? Sira-ulo!"

"Sige, i-deny mo! Boys! Narinig niyo siyang kumakanta, 'di ba?" Baling niya pa sa team mates namin. Sabay sabay namang sumagot ang mga ito 'tsaka tumawa. **"'Kita mo na? Tsk tsk tsk! Simula umpisa hanggang sa matapos--sinasabayan ang kanta, putsa! Saulo! Naaaay! Bading 'to, eh! Alagad ni Britney!"**

"BWAHAHAHAHAHAHAHA!" Mas nangibabaw ang tawanan ng buong team namin.

"S-Shut up, Tob." Napapahiyang buong ko.

"Hahahaha! Alagad ka ni Britney, dre."

'Inulit pa! Tibay!'

"I said--shut up, Tob!"

"Oops! I did it again!" Pakanta pang tugon niya.

"BWAHAHAHAHAHAHAHA!" Lalong nagtawanan ang mga kasama namin at inis naman akong iniiwas ang paningin ko sa kanila upang tingnan muli si Taguro ngunit wala na sila sa stage.

No'ng matapos ang opening remarks ay nagsabay sabay na kami sa pagpunta sa SIS. Labag man sa loob ko dahil gusto ko sanang makasabay si

Taguro, wala akong nagawa dahil minadali kami ni Coach kaya naman hindi ko na naman siya makita.

Nagulat pa kami pare-pareho no'ng makita naming mas marami pa pala ang estudyanteng makikita namin doon. Mula sa iba't iba schools at talaga namang nagkalat.

"Ang daming tao!" Nakangiwing ani Tob.

"Ayaw mo no'n, p're? Mas maraming magchi-cheer sa'yo!" Ani Ivan

"Pero okay na ako kay Michiko, p're! Kahit hindi niya isigaw ang pangalan ko--'yong makita ko lang siya, gaganda na ang laro ko. Hahahaha!"

"Lahat na kasi ng school ay nandito kaya ganito karami." Sabad ni Lee na inililiga rin ang paningin.

Nagyaya na si Coach papunta sa designated area namin, may sarili kaming room at nandoon na rin ang mga gamit namin. Mabilis kaming pumuwesto at naupo naman si Coach sa harapan namin.

"Okay, team, alam kong prepared na kayong lahat at hindi ko na kayo kailangang sabihan pa nang mga matatamis na salita dahil alam kong saulo niyo na ako," nakangiting panimula ni Coach. **"Ito na ang huling taon na maglalaro kayo para sa BIS bilang high school students at inaasahan--hindi lang ako bilang Coach niyo kundi nang buong BIS--na muli tayong uuwing Champion."** Nakangiting aniya, bakas ang paghanga sa mga mata niya habang tinitingnan kami isa-isa.

"YES, COACH!" Bigay na bigay na tugon namin.

"Sigurado naman akong hindi niyo pababayaan ang titulo ninyo at malaki rin ang tiwala ko sa inyong lahat. Tandaan ninyo, tulad nang para kong sinasabi bago magsimula ang laro--hindi lang dapat skills at talents ang dadalhin niyo once na tumapak kayo sa court. Kailangan ay bitbit niyo rin ang proper attitude and manners, malinaw ba?"

"YES, COACH!"

"Ayaw ko nang may gulo, ayaw kong may away. Kaya hangga't maaari, kapag may balyahan na ay kayo na lang ang umiwas. Matuto kayong magbigayan at magkaisa. Iyon ang importante sa 'tin, makakaasa ba ako sa inyo?"

"YES, COACH!"

"Okay, on three!" Sigaw niya pa 'tsaka tumayo sa harapan namin at sumunod naman kami. Inilagay niya sa gitna nang lahat ang kanang kamay

niya at isa-isa naming ipinatong doon ang mga kamay namin. **"LET'S GO, BIS!"** Buong puwersang sigaw niya.

Sa hindi maipaliwanag na dahilan ay para akong nabuhayan. Kakaibang tuwa ang nangibabaw sa 'kin habang isa-isa kaming lumalabas mula sa room na 'yon papunta sa quadrangle. Muling nangibabaw ang tilian ng mga babae pero sa oras na 'to ay hindi ko na sila pinansin o pinakinggan pa dahil nahagip na ng paningin ko sina Mommy.

Lumapit agad ako sa kanila. **"10:00 AM pa po ang laro namin, Mom."**

"Ganoon ba, baby? Wow! Ang aga aga, hehehehe!"

"Kuya Deib! Hello po!"

"Uy, Joan! Nono! Hello!" Nakangiting bati ko sa mga bata.

"Kuya Deib, galingan mo po, ah? Manonood po kami." Bibong ani Nono at tumango naman ako.

"Oo, ba! Basta ba ichi-cheer niyo ko, eh! Hehehehe!" Tugon ko.

"Nako, Kuya, eh, hindi mo na yata kami kailangan dahil ang daming sumisigaw ng pangalan mo kanina pa!" Ani Joan at natawa naman ako. **"Ang guwapo mo naman kasi Kuya, kanina tinitingnan kita sa malayo, para kang prinsipe!"**

Natigilan ako sandali 'tsaka natawa.

'Hindi naman mukhang prinsesa si Taguro, Joan, hehehe!'

"Pero iba pa rin siyempre kapag kayo ang naririnig kong sumisigaw at nagchi-cheer para sa 'kin, gaganahan ako no'n." Tugon ko.

"Pero mas gaganahan ka po kung 'yong girlfriend mo ang nagchi-cheer sa 'yo, 'di ba po, Kuya?"

"Joan, ano ka ba naman?" Saway ni Manang sa anak. **"'Ayan ka na naman sa mga nobya nobya na 'yan, ke' bata bata mo pa."**

"Hehehehe, ayos lang, Manang. Ah, Joan, walang girlfriend ang Kuya Deib mo." Sambit ko rito.

"Wala po? Akala ko po ba ay ipapakilala niyo sa 'kin?" Nakalabing ani Joan.

"Joan? Tigilan mo na sabi ang Kuya mo." Saway na naman ni Manang.

Bumuntong-hininga naman ang bata. **"Sige na nga po, haaays."** Nginitian ko naman siya 'tsaka ginulo ang buhok niya.

Napalinga naman ako sa paligid at pilit na hinanap doon si Taguro.

'Badtrip, nagpapaimportante ka na naman! Gusto nga kitang makita! Tsk. Hindi ako kuntento sa pagkikita natin kanina, Taguro--Ha! Ako ba

talaga 'to? Tsk! Bakit ba ganito na ang mga naiisip ko? Nababaliw na yata talaga ako, hindi ko maintindihan ang nararamdaman ko.'

Napasimangot ako nang dahil sa naisip ko. Pero aaminin kong gusto ko na talagang makita uli si Taguro.

MAX'S POV

Matapos ang performance sa BIS ay dumeretso na ang karamihan sa SIS. Nagpahuli kami siyempre, dahil bukod sa gusto ko nang magandang pasok ay natagalan kami sa pag-aayos ng gamit ko. Habang naglalakad papalabas sa parking lot ay panay na ang hikab ko at dahil nga nasobrahan ay napansin pa 'yon ni Naih.

"Ano ba kasi ang pinaggagawa mo pa kagabi't sumobra naman yata ang antok mo?" Sita niya pa sa 'kin no'ng makarating kami sa parking lot.

"Hindi ko nga rin alam, eh, alas otso namanako natulog." Tugon ko. Kanina niya pa ako sinisita dahil tinanghali ako ng gising. Kung hindi niya ako ginising ay paniguradong mahuhuli ako sa performance kanina.

"Alas otso ka natulog pero hindi ka pa rin nagising? Kahapon ay umalis ka na naman ng walang paalam sa bahay ni Maxwell! Psh!"

"Anong oras ka ba nakauwi?"

"Alas nuebe, hehehe!"

"Tss. Anong ginawa mo ro'n?"

"Nanood at kumain, ano pa ba? Ikaw lang naman 'tong ipinanganak nang killjoy, eh. Psh! Bakit kasi nawala ka bigla?"

"Nagkasagutan kami ni Dad, eh, nakakainis."

"Ganon ba? Tungkol na naman kay Maze 'yan, panigurado. Hindi na ako magtatanong, baka mabadtrip ka lang, eh. Pero kanina, ang ganda ng performance niyo, ah? Hahaha! Ikaw ang pinakabigay na bigay--at gumitna ka pa talaga, ah? Gustong gusto mo rin talaga 'yong pinupuri ka, eh, 'no? Hambog ka, hambog!"

Nangiti ako dahil sumagi sa isip ko 'yong kantang 'yon, minsan ko na 'yong narinig na pinapatugtog ni Sensui. Mukha siyang tanga habang sinasabayan ang kanta.

"Hoy! Kinakausap kita!" Sigaw sa 'kin ni Naih dahilan upang bumalik ako sa ulirat. **"Puro ka pa-cute diyan!"**

"Tss. Sino ang nagpapa-cute?"

"Pangiti-ngiti ka pa, eh, nakakatakot ka, timang! Hahaha! Ysay lang ang trip?" Pang-aasar niya pa. **"Talagang 'yon pa ang sinayaw niyo, eh,**

'no? Britney Spears? Hahaha! Feel na feel mo ba? 'Yon 'yong kanta no'ng isasayaw ka dapat ni Sensui no'ng Acquaintance Party, eh."

Nang marating namin ang parking lot ng SIS ay natahimik na agad. Pakiramdam ko ay nagbago bigla ang emosyon ko.

"Ang aga ni Sensui, ah?" Ani ni Naih no'ng maglalakad na sana kami papasok. Nilingon ko naman ang tinitingnan niya at nakita ko ang magarang sasakyan ng baliw na 'yon.

"Baka excited maglaro?"

"Putsa, kinakabahan na ako, Max! Magtutuos na kami ni Samantha!" OA na namang aniya. Ngumiwi lang ako. **"Sa tingin mo ay kaya ko si Sam?"**

"Hindi." Nakangising tugon ko.

Napamaang siya at umastang umiiyak. **"Nakakainis ka naman, eh!"**

"Hahaha! Kasi... *kayang kaya* mo siya!"

"'Yan! Hahaha! Tropa talaga kita!"

"Tss. Pinapalakas ko lang ang loob mo, tuleg." Biro ko at natigil naman ang pagtawa niya't sumama ang tingin sa 'kin. **"Hehehehe! Biro lang. Tara, baka ma-late ako."**

"Letse ka! Buhatin mo mag-isa 'yang lahat nang gamit mo, ah!"

"W-Woi, wala namang ganiyanan." Nakangusong tugon ko.

"Pinapalakas pala, ah? Buhitin mong mag-isa 'yan! Malakas ka, eh!"

"Joke lang, eh, Naih..."

"Hehehehe! Kinabahan ka, 'no? Ang hambog, hindi puwedeng magbuhat ng mabibigat! Hahahaha! Akin na! Letse ka pa rin!"

Nang makapasok kami ng tuluyan sa SIS ay kakaibang pakiramdam ang nangibabaw sa 'min pareho ni Naih. Natahimik kaming pareho at panay ang linga sa kung saan na animong naghahanap nang pagbabago sa bawat parte ng school na 'to.

"This is it, Max! It's nice to be back!" Aniya pa na tumingala na animong inaamoy ang hangin. **"Hmmm..."**

"Quarter na, dalian mo na riyan." Tugon ko at saka nagpaumunang maglakad. Natatanaw ko na ang ilan sa mga players mula sa kinatatayuan ko hanggang doon sa quadrangle ng SIS. Mas maikli ang walkway rito kumpara doon sa BIS.

"Grabe, halos walang pinagbago ang SIS, oh?" Aniya pa habang inililibot ang mga mata. **"Ang ganda ganda pa rin dito, malayong**

malayo sa BIS. Nkakamiss ang lugar na 'to, simple kumpara sa BIS--pero rock! Hehehe!"

Hindi ko na nagawang sumagot sa kaniya, iginala ko na lang ang mga mata ko habang pabagal nang pabagal ang paglalakad. Tinanaw ko ang iba't ibang lugar at parte ng SIS kung saan meron alaala sa 'kin.

Ang library kung saan madalas kaming tumambay nina Saruh, Madz at RJ no'ng first year kami. Kadalasan ay nang-aasar kami ro'n nang mga dumaraang elementary students.

Ang field kung saan madalas kaming tumambay at sumilong para matulog lalo na kapag walang klase.

Ang canteen kung saan pagkapasok pa lang namin ay binabatuhan na agad kami ng pagkain bilang regalo.

Ang gym kung saan madalas kaming maglaro ng basketball o volleyball kasama ang mga varsity players ng SIS na close friends din namin.

Ang flagpole kung saan kami unang naging close ni Naih no'ng mga oras na hindi ako maintindihan ng mga kaibigan ko.

At ang pinakapaborito kong lugar dito, ang *garden*. Kung saan kami madalas magkita, tumambay, magkuwentuhan, magsnack, mag-asaran, magbiruan, mag-aral, magbasa, magpahinga... ni ***Randall***.

Halos matigilan ako sa paglalakad nang maalala ko ang lahat. At hindi ko maiwasang maisip ang mga nalaman ko kailan lang. Iniiwasan ko nang isipin 'yon dahil ayaw kong makaapekto 'yon sa emosyon ko at madamay ang paglalaro ko. Ngunit sadyang mahirap 'yon pigilan sa ngayon. Lalo na ngayon nandito kami sa lugar kung saan mas lamang ang magaganda at masasayang alaala sa ilang taon ng buhay ko.

Ang alaala at memoryang bumuo sa kung sino at ano ako ngayon, masakit man o hindi.

"'Uy, okay ka lang ba?" Nag-aalalang tanong ni Naih dahilan upang matinag ako.

"A-Ah, oo, hehehe."

"Nako, Maxpein, ah? Umayos ka. Hindi ito ang tamang oras para mag-emote ka--stop me. 'Wag mo na munang isipin 'yang nakaraan mo't mas mahalaga itong game na 'to sa ngayon, okay?"

"Tss. Hindi naman ako nag-e-emote, hindi ako gaya mo, 'no."

"Psh! Hinding hindi mo maloloko ang mukha 'to, Maxpein! 'Yong mga ganiyang pahintu-hinto mo sa paglalakad at pag-iisip--paniguradong lungkut-lungkutan na naman ang dahilan niyan! Baka

naman puwedeng hayaan mo na lang muna 'yan at ipaubaya sa hangin? Kasi alam ko naman kahit papaanong importante rin sa 'yo ang larong ito."

"Baka nakakalimutan mong ang *laro* na ito ang nagpahirap sa 'kin? kung hindi dahil sa larong 'to ay hindi ako magkakaproblema sa mga schedules ko at lalong hindi ako mamayat ng ganito."

'At kung hindi dahil sa larong 'to, wala sana ako ngayon dito. Tsk. Pahamak na Sensui.'

"Wow, parang ayaw pa, ah? Eh, kung talagang ayaw mo namang maglaro, di sana ay hindi ka nagkumandapractice-practice no'ng una pa lang? Stop me, Maxpein! Ginusto mo rin 'to, 'wag kang umarte!"

'Badtrip namang kausap 'to, isa pang walang kuwenta. Tsk.'

"Puwede mo namang ipagpabukas 'yang mga isipin mo, oh, di kaya nama'y ipagpamamaya na lang? 'Di ba? Sa ngayon ay itong game na muna ang isipin natin dahil mababawasan ang angas mo kapag natalo ka." Dagdag niya pa.

"Tss, tumahimik lang ako--kung anu-ano nang sinabi mo? Samantalang kanina ay ikaw 'tong gustong magbackout? Kahit kailan ay abnormal ka."

"E-Eh, ibang usapan naman 'yon!" Palusot niya. **"At saka alam ko namang hindi na puwedeng magbackout, eh! Nag-aalala lang ako sa 'yo, 'no? Pinagmamasdan kita habang naglalakad kanina pa, natutulala ka sa mga memorable places dito sa SIS! Psh! If I know, naaalala mo lang 'yong mga magagandang nangyari sa inyo ni *ano* rito, eh."**

"Oh, sige, tumamihim ka na, ang ingay mo."

"Basta kahit na anong mangyari, 'wag na 'wag mo siyang iisipin! Kung gusto mo ay si Sensui na lang ang isipin mo! Hehehe!"

"Tss. Ano naman ang mapapala ko kung iisipin ko ang gunggong na 'yon?" Patungkol ko kay Sensui.

"Maiba lang, hahahaha." Pang-aasar niya't ngumiwi naman ako.

No'ng magtuloy kami sa paglalakad ni Naih at agad naman kaming sinalubong nina Jigz at Josh 'tsaka kami iginiya nang mga ito papasok sa isang maliit na kuwarto.

"Wow, ah? Talagang nag-effort pa ang SIS para sa mga players? Ani Naih na inilabot ang mga mata sa kabuuan ng kuwarto.

Hindi pamilyar sa 'kin ang kuwartong 'yon dahil building iyon ng mga elementary. Hindi mukhang classroom dahil may sariling banyo pa at may mga desks at lockers. Mukha itong locker room kung tutuusin. May mga available din na towels at powders doon na may nakalagay na *players* sa cardboard.

"Astig nga, eh, tingnan mo ang nakalagay sa pinto!" Ani Jigz. **"BIS *billiards*, cool!"**

"Oo nga, 'no? Wow! Hehehe! Feel na feel ko tuloy na player ako, hehehe! Feeling ko ay nasa international tournament ako!"

"Kung gagalingan mo ngayon, makakarating ka ro'n." Nakangising sabad ko at ngumiwi naman siya.

"Sa tingin mo ay mangyayari 'yon?" Umaasang tanong ni Naih.

"Kung hindi mo uunahin ang takot mo, posible."

"Sino naman kasing hindi kakabahan? Makakalaban natin 'yong schoolmate natin dati na siyang naturo rin sa 'tin kung paanong magbilyar!"Batid kong si Sam ang tinutukoy nito.

"Tinuruan ka lang nila pero ikaw pa rin ang nagsikap na matuto kaya ikaw lang ang makakapagsabi kung hanggang saan ang kaya mo't hindi. Puwedeng mas magaling ka sa kanila, puwede rin naman hindi. Nasa atin 'yan, Naih, kani-kaniyang trip."

"Psh! Madaling sabihin kasi hindi ikaw ang nasa sitwasyon ko. Mas magaling ka kasi sa 'kin, eh!"

"Pero mas magaling din sa 'kin si Sam, hindi naman ako nakakaramdam ng ganiyan."

"Dahil wala namang school na nagtuturo kung paano matututunan 'yang kahambugan mo! Letse ka!"

"HAHAHAHAHAHA!" Nangibabaw ang tawanan sa kanila.

Hindi ko naman na sila pinagtuunan ng pansin at inayos ko na lang ang sarili kong gamit sa cabinet na napili ko. Eksakto namang pumasok si Coach doon ng may ngiti agad sa labi.

"Are you guys ready?" Tanong niya pa.

"YES, COACH!" Sagot nilang tatlo.

"Mm, how about you, del Valle?"

"I'm ready, Coach." Kalmadong tugon ko.

"Anyway, alas nuebe ang laro niyo, kayo ang magsisimula ng game para sa BIS." Panimula ni Coach at nagkatinginan naman kaming lahat.

"Sa gym ang venue at panonoorin kayo ng buong BIS dahil alas dies pa ang games ng lahat maliban sa inyo."

"Bakit daw ganoon, Coach?" Tanong ni Josh.

"Hindi ko masabi kung bakit dahil wala na kaming kinalaman sa paggawa ng schedule. Para maging patas na rin sa lahat ng schools ay 'yong committee na ang nagdesisyon tungkol sa schedule at 'yan na nga ang kinalabasan. Kayo ang magpapasimula sa game ng buong BIS. Walang ibang laro ang BIS ng alas nuebe maliban sa billiards." Aniya at tumangu-tango naman kami. Nilingon ako ni Coach at nagtama ang paningin namin. **"Naniniwala akong kaya mo 'to, del Valle, kayo ng buong team mo, natin. Hindi man ako mananatili sa tabi niyo, nagtitiwala akong kayang kaya niyo ito. Higit pa sa salitang tiwala ang meron ako sa inyo. I tried my best para matrain kayo bagaman hindi ito ang linya ko."**

"Naiintindihan namin, Coach. Natuto kami kahit na hindi ito ang linya ninyo." Sinserong ani Jigz.

Nginitian naman siya ni Coach. **"Marchessa and del Valle, inaasahan kong may mga alam na kayo ukol sa paglalaro ng mga players ng SIS, kaya naman inaasahan kong hindi na kayo maninibago."**

"Hindi rin, Coach. Dalawang taon na ang nakakalipas mula no'n, hindi malabong magbago ang mga tira nila." Ani Naih, mahihimigan ang kaba sa pananalita at tono niya. **"But don't worry, Coach, we'll do our best. There's no room for doubts and hesitations!"**

"That's my girl, Marchessa!"

"Yes, Coach! Mananalo kami rito!"

"I know you will, Marchessa!"

"Oo, Coach! Mamatay na ang matalo!" Taas-noong dagdag niya at napamaang naman ang lahat sa kaniya. **"Joke lang siyempre, hehehe, alam mo naman ang mga tao, minsan tsumatsamba? H-Hehehehe!"** Pilit na biro niya pa.

'Tss, sira-ulo talaga. Tsk tsk.'

"That's anxiety, Marchessa." Pilit ang ngitin ani Coach 'tsaka bumuntong-hininga.

"Ganon na nga yata, Coach."

"Tss, kaya masiyado nang maingay, eh." Bulong ko at inismiran naman ako nito.

"Manalo--matalo, buo pa rin tayo. Tayo pa rin ang representatives ng BIS. Hinding hindi tayo mabubuwag dahil sa iisang inter high!" Pagpapalakas muli ng loob namin ni Coach. **"Nagtitiwala ako sa inyo, team! At kahit na anong maging resulta ng game na ito ay magtitiwala pa rin ako sa inyo. Tandaan niyo 'yan."**

"Hindi puwede ang ganon, Coach! Lalaban tayo!" Nangibabaw mula sa likuran ang tinig ni Tob at sabay sabay naman kaming napalingon doon. Pumasok siya sa room namin kasunod si Lee.

"Hi." Magiliw pang bati sa 'kin ni Lee 'tsaka bumaling kay Naih. **"Hey there."**

"Oh, Yanai, Gozon, what are you doing here?" Tanong ni Coach na sumulyap pa sa pinto na animong tinitingnan kung may kasunod pa sila.

"Pinapatawag na ni Mr. Faller ang representatives ng billiards, Coach. Magbubunutan na kayo." Nakangiting tugon ni Lee, nagtama pa ang paningin namin at mas ngumiti siya ng malaki.

"Ah, I see, we're about to there, I'm just giving them some advice. Sa tingin ko ay puwede na rin 'yong mga sinabi ko." Nakangiti pang ani Coach sa 'min. **"Let's go?"**

Tumayo si Coach at sinenyasan kaming lumapit sa kaniya agad naman naming sinunod. Bumilog sila at naiwan naman akong nakatanga sa kanila.

'Ano na naman kaya 'yan?'

"On three!" Bulalas pa ni Tob at saka inilahad ang kamay niya sa gitna nila na sinundan naman agad ng lahat.

Kumunot ang noo ko't pinagmasdan kung ano ang ginagawa nila. Nilingon naman nila ako at tiningnan na animong hinihintay na ipatong ang kamay ko ro'n.

"Ano? Mag-isa ka lang?" Pang-aasar pa ni Naih kaya naman lumapit na rin ako't nakipatong ng kamay sa kanila.

"Okay, one.. two.. three!" Sigaw ni Tob at sabay sabay naman naming iniangat ang mga kamay naming magkakadikit pa rin. **"Maiba--taya!"**

"BWAHAHAHAHAHAHA!"

'Tss. Puro kalokohan.'

Natawa rin ako pero mas natawa nga lang sila.

"Sira-ulo ka talaga, Tob," ani Lee.

"Joke lang, hehehe! Pangtanggal ng kaba 'yon, Superman! Hehehe! Okay, seryoso na." Ani Tob 'tsaka muling pinagpatong-patong ang kamay namin. **"Let's go, BIS--on three! One.. Two.. Three!"'**

"LET'S GO, BIS!" Sabay sabay nilang sigaw.

'That's it? Let's go, BIS? Tss.'

Sabay sabay kaming lumabas ng room na 'yon na walang ibang bitbit kung hindi ang kani-kaniyang tako. Eksakto namang malapit na sa gym no'ng lapitan ako ni Lee.

"Good luck, Maxpein," matamis ang ngiting aniya.

Ginantihan ko siya ng ngiti. **"Good luck din, Lee."**

"Manood kami, ah? Galingan niyo. Pakisabi na rin sa mga team mates mong good luck."

"Geh. Sa team niyo rin, good luck." Tugon ko 'tsaka pinanood ang paglayo niya. Tumabi naman agad ako kay Naih. **"Good luck daw sabi ni Lee."**

"H-Ha?" Utal na tugon niya, nabigla pa yata.

"Good luck daw sabi ni Lee."

"Oo! Narinig ko! Psh!"

"Narinig mo pala, eh, umaarte ka pa."

"H-Hindi, ah!"

"Pinadaan pa kasi sa 'kin kung puwede namang dumeretso sa 'yo, eh, 'no?" Pang-aasar ko at sumama naman ang tingin niya. Nginisian ko siya 'tsaka nagmadaling maglakad papunta sa gym.

Naunang pumasok si Coach na sinundan naman nina Jigz at Josh. Sina Lee at Tob ay lumihis na ng daan sa amin. Doon lang nagsimulang bumilis ang tibok ng puso ko dahil isa 'yon sa pinalamemorableng lugar sa 'kin. Agad na pumalahaw sa sigaw ang mga estudyante no'ng tuluyan kaming makapasok.

"WAAAAAAAAA!"

"KYAAAAAAAH!"

"GO, BIS!"

"TAGURO!"

"PARROT!"

"TAGURO BROTHERS!"

Kaliwa't kanina ang tilian at sigawan ng mga estudyante at hindi namin alam kung alin ang una naming lilingunin. Nagbaba na lang ako ng tingin at sumunod sa linalakaran nina Coach.

"Grabe! Sikat na sikat kayo," ani Josh. **"Wala man lang ni isang nagsigaw ng pangalan namin ni Jigz!"**

"Psh! Galing kasi kami rito," ani Naih.

"Kahit pa, kilala rin naman kami sa school, ah?" Ani Jigz. **"'Tsaka, sa BIS naman sumikat 'yong mga palayaw niyo, paanong umabot dito? Hehehe. 'Wag mo sabihing taga-BIS lahat ang mga 'yan?"** Turo niya pa sa mga tao.

"GO, JIGZ!"

"WOOOH! GO, JOSH!"

"JOSH AT JIGZ! GO!"

"'Ayun, oh? Meron na kayo!" Biro ni Naih. **"Hahahaha!"**

"Psh! Para tatlo lang?" Nakangusong ani Josh.

"Nabilang mo pa 'yon?" Biro ko.

"Mukhang nag-e-enjoy kayo, ah?" Nangibabaw ang isang pamilyar na tinig mula sa likuran namin at sabay sabay naman kaming napalingon doon.

"Samantha." Naiusal ko bilang pagbati rito.

"It's nice to see you again, Maxpein, welcome back." Simple ang ngiting sagot niya. Ang pinakamagaling na babaeng manlalaro ng bilyar na nakilala ko. Si Samantha.

"Thanks," tipid ang ngiting tugon ko 'tsaka isinenyas sa kaniya ang mga kasama ko. **"This is Jigz and this is Josh, and of course, Zarnaih. They're my team mates. This is Sam."** Baling ko naman sa mga kasama ko.

Nagmadali 'yong dalawang lalaking makipagkamay sa kaniya na agad din namang tinanggap nito ng may ngiting sinsero sa tingin ko.

"Nice meeting you, I am Samantha, welcome to SIS." Puno ng kumpiyansang aniya pa.

"My pleasure to meet you," ani Jigz. **"I've been hearing a lot about you."**

"Really? Like what?" Nakangising tugon ni Sam.

"Ah, na magaling ka nga raw."

"Yeah? Hmm. No comment. Haha!" Payabang pang aniya. **"So I guess, I'll just meet you again later, Maxpein and Maxpein's friends?"** Nakangising dagdag niya. **"Nice meeting you, guys."** Aniya 'tsaka nakipagtanguan bago tuluyang umalis.

"Huhuhuhuhu!" Nangibabaw ang atungal ni Naih na hindi namin napansing natahimik pala. **"Hukom na!"**

"Putsa," bulong ni Josh. **"Chic na chic 'yong Samantha na 'yon mga 'tol!"**

"Tapos magaling pang magbilyar? Wow! Kapag hindi mo ako sinagot, Naih, 'yon na lang ang liligawan ko!" Biro ni Jigz.

"Ah, talaga?" Kunyaring natuwa pang tanong ni Naih. **"Ligawan mo na ngayon kung ganon!"**

"Bakit naman?"

"Ayaw ko sa 'yo, eh!"

"HAHAHAHAHA!" Sabay sabay na naman silang nagtawanan.

Ilang saglit pa ay lumapit na sa 'min si Mr. Faller. **"Ah, Coach, you're not allowed to stay here. That's your designated seat, please,"** itinuro niya pa 'yong puwesto kasama ang iba pang officers ng BIS. Nakipagtanguan naman muna sa 'min si Coach bago kami tinalikuran. **"Here's your list."** Nakangiting iniabot sa 'min nito ang piraso ng papel at si Josh ang kumuha niyon. **"We'll start in five minutes so please be prepared. We'll introduce the first players written on that list. We all believe in all of you, okay? Good luck!"** Aniya na tinapik pa kami isa isa 'tsaka kumindat at naglakad papalapit sa mga committee.

"Oh, makinig kayo. Ang nakalagay rito, sa unang game ay single muna. Kung sino ang matitirang mga schools 'yon ang maglalaban-laban nang doubles. Malinaw ba?" Ani Josh. **"Si Samantha ang makakalaban mo, Naih."** Aniya matapos ipaliwanag ang nakasulat doon sa papel.

"Eh, king ina, talaga namang *good luck* sa akin!" Ungot ni Naih. **"Good luck talaga sa 'kin! Huhuhuhu!"**

"Pero bakit ganon? Si Samantha rin ang kalaban ni Maxpein?" Takang tanong ni Jigz at nagkatinginan naman kami. **"Ang gulo naman, puwede ba 'to?"**

Hindi na namin nagawang magtanongan pa dahil sinenyasan na kami no'ng referee at announcer kaya naman sabay kami ni Naih na lumapit doon habang sina Josh at Jigz naman ay pumuwesto na sa nakalaang upuan para sa team namin.

"Galingan mo, ah? Alam naming kaya mo 'yan!" Bulong pa ni Naih habang inihahatid ako.

"Oo, salamat."

"Hindi naman ito ang unang beses na makakalaro mo si Sam kaya may tiwala ako sa 'yo."

"Oo, pero ilang taon na rin ang nakalipas kaya hindi mo rin masasabi."

"Hindi lang naman siya ang may kakayahang gumaling, 'di ba? Basta, tandaan mo, mamatay nang matalo!"

"Hehehe! Sige."

"Kahit na anong mangyari, kailangan nating manalo, Maxpein!"

"Oo na nga--"

"'Wag kang magyabang!" Pigil niya sa 'kin at kumunot naman ang noo ko. **"Galingan mo!"**

"King ina ka--ikaw na na mauna, oh!" Singhal ko sa kaniya at ngumuso naman siya.

"I-Ikaw na, ikaw 'yong una sa listahan, eh."

"Tss. Ang dami mong sinasabi, eh."

"Sumusupport lang, ito naman!"

"Doon ka sumigaw nang sumigaw!" Turo ka sa puwesto ng mga kasama namin.

"Eh, di ba, ayaw mo nang maingay?"

"Ibahin natin ngayon, subok lang."

"Anak ka ng kagang--ngayon ka pa sumubok ng pagbabago, ah?"

"Ang ingay mo! Geh!" Singhal ko 'tsaka tinalikuran siya.

Muling sumenyas ang referree at isa-isang nagsipaglapitan doon ang mga players mula sa iba't ibang schools, siyempre pa, doon ako dumaan sa pinakagitna. Naramdaman ko na sa talampakan kong carpeted na 'yong nilalakaran ko, patunay lamang na tuloy na tuloy ang laban na ito. Doon nagsimulang manlamig ang ibang parte ng katawan ko't mangatog ng bahagya ang tuhod ko.

"WAAAAAAAA!"

"GO, BIS!"

"GO, SIS!"

"GO, LU!"

"GO, TAGUROOOO!"

Nangibabaw na naman ang sigawan sa kabuuan ng Gym na 'yon at doon lang ako nakaramdam ng hiya, napatunayan kong hindi lang talaga ako nag-iisa rito kahit na sa isip ko ay bumubuo ako ng sarili kong mundo.

"MAXPEEEEIN!"

"WAAAAAA, TAGUROOOOO!"

"WE LOVE YOU, TAGUROOO!"

"LET'S GO, BIS!"

"TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO!" Paulit-ulit at malakas nilang sigawan.

Muling nangibabaw ang sigawan at doon bahagyang nawala ang kaba ko, nararamdaman ko ang suporta ng mga tao wala pa man akong ginagawa. Sa isip ko ay pinasasalamatan ko isa-isa ang mga ito.

Noong sumenyas muli ang referee ay isa-isa kaming nagsipag-upan at siyempre pa, kaharap ko na ang kumikinang na si Samantha. Taas-noong sinusulyapan ang mga tagahanga niya. Pinaggigitnaan namin ang table na nakalaan para sa laban naming dalawa habang pareho kaming nakaharap sa katotohanan.

Mayroong walong tables sa kabuuan ng gym at iba't ibang schools ang nandoon para maglaro, pero nasa table namin ni Sam ang mata nang lahat. Ang gym na ito ng SIS ay maliit kumpara doon sa nasa BIS pero kulang na kulang pa rin ang walong billiard tables para sakupin ang court nito. Tatlong court ang binubuo ng gym na ito at paniguradong ang basketball ay magaganap doon sa bagong gawang court na siya ring pinakamalaki sa tatlo.

Tumayo ang announcer at pinakagitna dahilan upang mas umugong ang ingay, batid ng lahat na ito na ang hudyat ng simula.

"Good morning, everyone! I am April Rose, senior secretary of Sports Committee and I'm here to welcome all of you and of course to announce the names of the players. I will also be stating the general rules and regulations regarding this sport before we start." Mahabang anunsiyo nito at nakinig naman ang karamihan.

Inisa-isa niya ang bawat patakaran na kakailanganin sa larong 'to at ilang minuto rin ang itinagal niyon bago ipakilala ang mga manlalaro ng bawat school. Mataman akong nakinig at gayon na rin ang mga manlalarong gaya ko. Minsan pang nagtama ang paningin namin ni Sam at mula sa kinauupuan ko ay nararamdaman ko ang yabang na nagmumula roon.

DEIB'S POV

'Hindi ko akalaing ganito kabilis didinggin ng langit ang panalangin ko.'

Napangiti ako sa isiping 'yon, kasalukuyan kong tinititigan si Taguro na mukhang bagot na bagot na sa pakikinig sa announcer. Parang wala na naman siyang interes sa pinapakinggan niya at halos magsuntukan ang mga kilay niya sa sobrang salubong.

Matunog pa rin ang pangalan niya bagaman wala siyang ginagawa.

'Marami na kasi ang supporters mo kaya hindi mo na ako pinapansin! Tch! Mas marami na kasing nagpapapansin sa 'yo ngayon at mga peste sila! Ilang araw niya akong hindi nakita--hindi man lang ba niya ako hahanapin? Nakakainis!'

"And the last but definitely not the least... South International School versus Brint International School!" Turan ng announcer at nagtayuan ang mga nanonood kasabay ng masigabong palakpakan.

"WAAAAAAAAA!"

"GO, BIS!"

"GO, SIS!"

Naglalabanan ang sigawan ng BIS at SIS kaya naging mas kapanapanabik ang tagpong ito para sa lahat. Ang dalawang school na 'yon ang huling ipinakilala ng announcer.

"Are you ready, players?" Buong puwersang sigaw no'ng announcer upang labanan ang ingay sa buong gym. **"Now--let the games begin!"** Mas malakas na anunsiyo niya kaya naman nagkalampagan ang mga paa't kamay ng mga nandoon.

Napapangiti ako sa katotohanang 'yon dahil ang babaeng dating binubully at inaasar ng buong BIS ay sinusuportahan na ngayon. Halos magtindigan ang mga balahibo ko no'ng makita kong tumayo si Taguro at tumango sa lahat kasabay niyong taga-SIS na siyang makakalaban nito.

Ang babaeng 'yon na ay maangas ang dating gaya ni Taguro, matangkad, maputi, makinis, mahaba ang--straight sa ibabaw, kulot sa ilalim--niyang buhok at di hamak na mas maganda kumpara kay Taguro. Kung pagmamasdan mo rin ang mga pananalita niya ay masasabi mong nagmula ito sa mayamang pamilya. Ngunit hindi sila nagkakalayo ni Taguro sa kilos dahil ang babaeng ito ay hindi rin pino at babaeng babae kung tumindig.

Inalis ko ang paningin ko sa babaeng 'yon at itinuon 'yon kay Taguro 'tsaka ako nagpigil na mapangiti.

'Upong lalaki. Maluwang ang pantalon. Malaki ang t-shirt na suot. Marumi ang sapatos. Magulo ang buhok. What the hell, Deib Lohr? Ano ang nagustohan mo sa babaeng ito? Tsk! Ang lahat nang nakikita ko sa kaniya ay hindi ko kailanman nagustohan sa isang babae pero bakit sa kaniya ay nagustohan ko? Badtrip!'

Huminga ako ng napakalalim at muling napaisip.

'Kahit anong sagwa at pangit ng itsura niya, natutuwa ako sa t'wing titingnan ko siya. Damn it, Deib. Mamamatay ka na, hindi 'yan karma!

Taning na 'yan, Deib! Mamamatay ka na!'

Nanlumo ako sa sarili kong isipin habang nakamasid pa rin kay Taguro na kasalukuyang nakikipagkamay na ro'n sa referee at ganoon na rin kay Sam. Matapos niyon ay naupo si Taguro sa sariling silya, nagpandekwatrong panglalaki at saka pinaglaro ang hintuturo sa sariling labi.

'Ang mga labing 'yan ay sinisimot ang laway ko, Taguro. Tsk. Ano ba itong naiisip ko?'

"Hoy, baka masobrahan ka sa katititig--lalo kang mahulog." Bulong ni Tob na hindi ko man lang namalayang nasa tabi ko na pala.

"A-Ano ka ba?" Angil ko.

"Gusto mo bang ipagkalat na deads ka kay Taguro, dre?"

"Tch! Hindi, ah! At saka, hoy, hindi pa ako sigurado, 'di ba?" Bulong ko pa. **"'Wag ka ngang assuming!"**

"Hindi sigurado? Eh, kung makatitig ka sa kaniya ay parang siguradong sigurado ka na, dre!"

"S-Sira-ulo ka, hindi gano'n 'yon."

"Sshhk! Ikaw rin, haha!"

"Hey, ano ba?" Saway sa 'min ni Lee. **"'Ayan na naman kayong dalawa, eh, ang iingay ninyo."**

'Bayani!'

Hindi naman namin pinansin ito at nagtuloy lang kami sa bulungan namin ni Tob. Nakakatulong ang ingay ng paligid para hindi kami marinig ng mga katabi namin.

"Dre, sinasabi ko sa 'yo, mas halata ka pa sa halata." Bulong muli ni Tob. **"Kulang na kulang nga sa 'yo ang salitang *halata*. Psh! Kaya kung ayaw mong mabisto, kaunting tago naman."**

"Tch! Anong ibig mong sabihin?"

"Na iyong mga titig at ikinikilos mo, 'yong mga pangiti ngiti mo at pakanta kanta mo--hindi ka ganiyan, dre. Obvious ka masiyado, eh. Okay lang sana kung pangiti ngiti ka habang kumakanta--ang masama kasi ro'n, nakatitig ka pa sa kaniya!"

Natigilan naman ako at animong natauhan, hindi ko man lang napansing ganoon pala ang ginagawa ko. Napakamot ako sa ulo ko at sinamaan siya ng tingin.

"Sinungaling ka!" Singhal ko.

"Ay? Loko! Ikaw ang sinungaling dahil hindi ka pa umamin diyan sa sarili mo! Psh! Kotongan kita riyan, eh." Singhal din niya kaya ngumiwi ako. **"Kung ayaw mong mahalata, dre, iwas iwasan mo ang pagtitig kay Taguro na mapapangiti ka. Dahil nakakadiri ka na--nahahalata ka pa. Psh. Daig mo pa ang asong nauulol na may pagnanasa, timang!"**

"Tsk. Hindi ko kasi maiwasan, eh." Nakabusangot na bulong ko.

"Hala, ka, hahaha! Hindi na ako magtataka, dre. Hindi na talaga ako magtataka." Nakangiwi ngunit seryosong aniya.

"S-Saan?"

"Kung sa huli... iiyak at iiyak ka." Mahinang aniya ngunit dinig na dinig ko. Natigilan naman ako't napatitig sa kaniya. Nakangiti siya ngunit bakas ang pagiging seryoso niya sa sinabi.

Hindi ko alam kung bakit pinabilis no'ng mga salitang 'yon ang tibok ng puso ko na animong hinahabol ako ng kung sino. *Natakot ako.*

'Bakit ganon? Bakit ako iiyak? Bakit ko siya iiyakan? Bakit niya nasabi 'yon? Bakit, ha? Bakit?! Tch!'

Napailing ako no'ng makaramdam ako ng kakaibang lungkot sa dibdib ko. Sumimangot ako ng todo at wala sa sariling napatayo.

Hinawakan naman agad ni Tob ang braso ko. **"Saan ka pupunta, dre?"**

"A-Ang boring panoorin, eh," kunot-noong pagsisinungaling ko. **"Babalikan ko na lang kayo."**

"Baka mawala ka, ah? May laro tayo ng 10:00 AM."

"Oo, dala ko naman ang cell phone ko, i-text mo na lang ako."

Bagsak ang balikat na naglakad ako papalayo sa puwesto ng team namin. Siniguro kong hindi ko maaagaw ang pansin ni Taguro sa daang nilalakaran ko papunta sa gawi ng exit.

'Tch! Hinding hindi kita iiyakan, tandaan mo 'yan. Bigyan mo lang ako ng kaunting panahon, Taguro. Mawawala rin 'tong nararamdaman ko.'

Mula kanina ay wala man lang pagbabago sa itsura niya. Salubong pa rin ang kilay at tutok na tutok sa bawat tira niyong kalaban niya.

'Galingan mo, sana ay manalo ka dahil ako ang pinakamasaya kapag nangyari 'yon.'

Sinulyapan ko pa siya ng isang beses at saka tumalikod padako sa exit ng gym.

"KYAAAAAAAAA!" Biglang nangibabaw ang napakalakas na hiyawan. **"SUMABLAY SI SAMANTHA! SI TAGURO NA!"**

Nanlaki ang mga mata ko habang nakatalikod pa rin ako sa gawing 'yon nang mesa nina Taguro. Agad na bumilis ang tibok ng puso ko at nagkasunod sunod ang paglunok ko.

"TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO!"

"WAAAAAAAAAAAA!"

"WE LOVE YOU, MAXPEIN!"

"SAYANG NAMAN, SUMABLAY SI SAMANTHA." Dinig kong sabi niyong isang babae mula sa tagilirin ko, nilingon ko naman ito. **"HINDI NAMAN SIYA DATING GANIYAN, EH, ANG INAASAHAN KO NGA AY HINDI NA MAKAKATAYO SI PEIN."**

"TSK, PAGKAKATAON NGA NAMAN, OH."

Dahan dahan akong lumingon at no'ng tumama ang paningin ko kay Taguro ay patayo na ito papalapit sa mesa. Mataman niyang pinagmasdan ang mga bola habang hawak ang cue stick niya. Pinaikutan niya ang bawat gilid ng mesa at sinilip ang bola. Salubong na salubong ang mga kilay niya't animong hirap na hirap mag-isip.

Sinulyapan ko si Samantha at bakas ang pagiging kalmado sa itsura nito, bahagya pa siyang ngumisi at no'ng lingunin ko si Taguro ay mas nagsalubong ang mga kilay niya. Mukhang tangang sinilip ko rin ang posisyon niyong bola at halos manlaki ang mga mata ko no'ng makita kong tatlong bola ang nakaharang puting bola.

'Paano niyang titirahin 'yon?'

Muli kong nilingon si Sam at mas lumaki pa ang pagkakangisi nito dahil bakas ang paghihirap sa mukha ni Taguro sa pag-iisip. Nananatili siyang nakatayo sa gilid ng mesa, ang kaliwang kamay niya'y nakapamaywang habang ang kabila nama'y hawak ang cue stick niya.

'Kaya mo 'yan, alam kong kaya mo 'yan.'

Parang wala na naman sa sariling dinala ako ng mga paa ko sa kabilang gawi ng bleachers kung saan may kaluwangan ang espasyo at wala masiyadong tao. Hindi nga lang gaya no'ng puwesto namin ng team mates ko kanina na mas malapit kina Taguro. Sa puwestong ito ay medyo malayo ngunit nakaharap kay Sam, kung uupo si Taguro sa silya niya ay bahagya siyang nakatagilid.

Naupo ako sa isang gilid at saka ako matamang nanood. Nanatili pa ring nakatayo si Taguro at wala man lang nagbago sa itsura niya. Poporma at aastang titirahin ang bola ngunit iiling at muling tatayo upang pag-aralan

ang mga iyon, animong iniingatan nitong magkamali sa desisyon. Mayamya muli ay poposisyon siya at ipupuwesto ang mga kamay niya ngunit ganoon uli ang ikikilos niya. Paulit-ulit at mahigit isang minuto siya sa ganoong sitwasyon.

'Relax ka lang, I know that you can make it.'

Muli kong nilingon si Samantha at sumisigaw ang kayabangan sa buo niyang itsura. Ang paraan niya ng pagkakangiti ay parang nagmamalaki at ang kilos niya ay parang tuwang tuwa.

Pumuwesto uli si Taguro at sa oras na ito ay kitang kita nang mahinahon na ang itsura niya. Yumuko siya paharap sa mesa at ipinosisyon ang kaliwang kamay niya. Ang mga daliri niyon ay animong may sariling buhay habang pumipilantik sa ibabaw ng mesa at sa isang iglap...

"HULOG!" Sabay sabay na sigawan ng mga nanonood. Nanlaki ang mga mata ko no'ng mangibabaw ang sunod sunod na ingay.

"WAAAAAAAAA!"

"ANG LUPIT!"

"DAMN IT!"

Nag-ingay ang mga nanonood at ang ilan ay napamura pa. Nilingon ko ang mga nasa likuran ko at doon ko lang napansing karamihan nang nasa puwestong ito ay mga tagahanga ni Samantha. Bahagya pa akong napalunok no'ng makita ko kung paanong nanghihinayang at nagagalit ang iba sa mga ito.

Nang lingunin kong muli si Taguro ay bakas na ang kaginhawahan sa mukha niya ngunit hindi pa rin mababakasan ang tuwa o saya. Muling nagsalubong ang mga kilay niya at bakas ang pag-iingat sa bawat kilos at galaw na ginagawa niya. Paulit-ulit niya pa ring sinisilip ang mga bola habang iniikot ang buong mesa.

Sa isang mabilis na kilos ay nagpahulog siya at muling umingay ang buong nakakita.

"WAAAAAAAAAAA!"

"GRABE, GUMALING SI MAXPEIN!"

"Nice shot, huh?" Nangibabaw ang isang tinig ng Ginoo na nakaupo sa kaliwa ko at agad ko namang nilingon ito. Hindi agad ako nakapagsalita no'ng mapansin pamilyar sa 'kin ang mukha nito.

'I can't remember where I met this person but he's familiar.'

Sa tingin ko ay halos kaedad nito ang Daddy ko, magandang lalaki ito at sa isang tingin ko ay masasabi kong may pinag-aralan ito at may sinasabi sa

buhay. Kung ikukumpara ko siya kay Daddy ay mukhang lang itong seryoso ng kaunti dahil si Daddy ay palangiti. Sa gandang lalaki nito ay hindi mapagkakailang chickboy ito no'ng kabataan niya.

'Tipong Randall. Tch.'

"Stop staring at me," untag niya kaya natinag ako. **"You might miss some nice shots."** Dagdag niya dahilan upang lingunin ko si Taguro na eksaktong tumira.

'Hulog!'

"WAAAAAAAAA!"

"MY GOD, ANG GALING NIYA!"

Muling nangibabaw ang sigawan at nakakarindi na ang mga iyon.

"Ang galing na ni Maxpein, grabe, hindi ko inaasahan ito."

"Oo nga, tsk. Hindi bale, ang sabi naman ni Sam ay kayang kaya niya na si Maxpein ngayon."

"Oo nga, siya nga raw ang nagturo riyan, eh."

"Kaso mukhang nagbago na ang ihip ng hangin, mukhang gumaling na si Maxpein ngayon."

Dinig na dinig ang bulungan niyong mga taga-SIS at hindi ko maiwasan ang mapangiti dahil sa mga papuri nila kay Taguro.

"Hahahahahahaha!" Tumawa nang malakas ang Ginoo'ng ito sa tabi ko kaya naman taka akong napalingon sa kaniya.

Hindi siya nakatingin sa 'kin pero nakangiti siya habang nakatingin sa mga naglalaro ng billiards. Sinulyapan ko naman kung saan siya nakatingin ngunit hindi ko mawari kung kanino sa mga manlalaro nakatuon ang paningin niya. Hindi naman tumitira si Taguro ngunit pumapalakpak siya.

'Siguro ay doon siya sa kabilang mesa nakatingin.'

"Ah, excuse me, Sir?" Tawag-pansin ko rito. **"You look familiar to me but I don't think we know each other?"** Napapahiyang turan ko at namamangha naman siyang tumitig sa 'kin.

Bahagyang nakanganga ang mga labi niya habang nakangiti. Sandali pa siyang tumitig at umiling habang nakatingin sa 'kin 'tsaka muling itinuon ang paningin sa mga manlalaro.

'What the hell? Wirdo. Tch!'

"My name is More." Mayamaya pa'y aniya dahilan upang mapalingon uli ako sa kaniya.

'More? Anong klaseng pangalan 'yon? Tch!'

"I see. Mm, I'm Deib," natutulirong tugon ko. Hindi ko malaman kung tama ba ang paraan ng pakikipagkilala ko sa kaniya.

"Mm, nice meeting you, *Deib*," mariing aniya pa kaya kumunot ang noo ko. **"Do you know how to play billiards?"**

"No, Sir."

"I said my name is More... not *Sir*." Natatawang pagdidiin niya pa dahilan upang matigilan ako.

'Sino ba ang taong 'to? Tch!'

"I'm sorry, it's just that I'm not used to--"

"It's okay," pigil niya sa 'kin. **"Mas kagalang galang pakinggan para sa 'kin ang tawaging *More* kaysa sa *Sir*."** Nakangiti ngunit sinserong aniya. **"Lahat nang lalaki ay maaaring matawag ng Sir ngunit sa itinagal kong nabuhay sa mundong ito ay ako pa lang ang More na nakilala ko."** May bahid nang kayabangang kuwento niya dahilan upang mapamaang ako.

'Tch. Kunsabagay, may punto naman siya. Kahit sinong kagalang galang ay tinatawag nang Sir, minsan nga kahit hindi ko kilala ay tinatawag kong Sir. Pero ang hindi ko maintindihan ay kung bakit kinakausap niya ako ngayon! Tch!'

"I see, *More*." Mariing tugon ko.

"There. Mas gusto kong tinatawag nang ganiyan." Aniya 'tsaka humalakhak.

Noong hindi na siya magsalita ay muli akong lumingon kay Taguro at kitang kita ko kung paanong sinunod sunod nito ang pagpapahulog ng bola. Kamangha mangha ang paraan ng pagkilos niya, napakaangas at ang lakas ng dating. Hindi kadalasang nakikita sa kilos ng mga babae.

'Kakaiba talaga siya.'

Hindi pa rin nawawala ang sigawan sa buong gym at walang segundong natahimik ang mga ito. May ilan na nagkakalampagan pa sa bleachers dahilan upang mas umugong ang ingay. At karamihan naman ay idinadaan sa pagtatalon talon at palakpakan ang paghanga nila sa bawat tirang ginagawa no'ng mga manlalarong pinapanood nila.

Ngunit sa puntong ito ay nangingibabaw talaga ang pangalan ni Taguro. Kung ililibot ko ang paningin ko sa lahat ng mga nanonood ay masasabi kong *siya* ang pinapanood ng karamihan.

Namangha ako ng makitang sunod sunod nyang pahulugin ang sunod sunod ring bilang ng mga bola sa butas ng mesa!!!

"Hindi ako marunong magbilliards pero sa tingin ko ay gusto ko nang matuto ngayon, hahaha," sambit ng isang babae mula sa likuran ko.

"Oo, parang ang cool cool kapag babae ang naglalaro, 'no?" Tugon naman nang kasama nito.

"Dati ay cool na cool si Samantha para sa 'kin, pero sa tingin ko ay kay Pein na ako ngayon."

"Oo, ako rin. Hihihi!"

Hindi ko mapigilan ang sarili kong makinig sa usapan no'ng mga taong nagbabanggit ng pangalan ni Taguro. Talaga palang *Pein* o *Maxpein* ang tawag sa kaniya nang mga taga-SIS. Nasanay na ang buong BIS na tawagin siyang Taguro. Lalo akong natutuwa sa t'wing may sasabihin silang magagandang salita para sa kaniya.

'Cool naman kasi talaga siya, sa lahat ng bagay.'

Nanumbalik sa alaala ko ang bawat astig na linyang binitiwan niya no'ng minsan mabugbog kami ni Tob. Kung paano niya akong niyakap matapos niyon at ang paghawak niya sa kamay kong hanggang ngayon ay parang nararamdaman ko. 'Yong kinang nang pag-aalala sa mga mata niya no'ng tanongin niya kung ayos lang ba ako? Kung paano akong kumalma matapos kong maramdaman ang simpleng yakap niya dahilan upang mawala ang takot na nararamdaman ko para sa buhay ko. Ang mga ngiti sa labi niya na naiiwang parati sa isip ko. *LAHAT*. Ang lahat nang iyon dahilan kung bakit cool siya.

'Ano nga ba'ng meron ka at ganoon na lang ang naging galit ko sa 'yo noon? Hindi ko tuloy maintindihan ngayon kung pagsisisihan ko bang ginawa ko pa ang mga 'yon o magpapasalamat ako dahil kung hindi ko ginawa 'yon noon, hindi ko mararamdaman itong napakasarap na pakiramdam na nararamdaman ko ngayon--Waaaaaa!'

Natigilan ako sa pag-iisip at sumama ang tingin kay Taguro! Pakiramdam ko ay bigla kong hinabol ang hininga ko at nagngitngit bigla ang kalooban ko!

'Hell no! Heeell no! A-Ano ba 'tong naiisip ko? Tsk!'

Pakiramdam ko ay kinilabutan ako sa sarili kong naisip. Hindi ko alam kung bakit bigla bigla na lang akong makakapag-isip ng ganoon at mararamdaman ko na lang ang pagsisisi sa t'wing magigising ako.

Muling nagpatuloy ang panonood ko ngunit nagulat pa ako no'ng makitang si Samantha na ang titira. Malaki ang pagkakangiti sa mga labi niya no'ng sunod sunod niyang maihulog ang mga bola. Matinding

palakpakan ang iginawad sa kaniya nitong nasa paligid ko at karamihan ay iyong mga nasa likuran ko.

Hiyaw rito, hiyaw roon ang ginawa nila. Palakpakan at kalampagan. Anomang nakapagbibigay ingay bilang suporta sa taong hinahangaan ay ginawa nila.

Kumaway pa si Samantha sa gawi namin at nagtilian at naghiyawan ang mga babae't lalaking nasa paligid ko. No'ng muling yumuko ito ay sunod sunod na naman niyang naipahulog ang tatlong bola at walang sablay maski isa.

"REYNA NG BILYARAN! SAMANTHA!"

"GO, SAMANTHA!"

"WOOOOH! ANG GANDA MO, SAM!"

"GO, SIS!"

Nakangising yumuko si Samantha at sa isang mabilis na kilos ay tumira siya ngunit sumablay. Agad na nawala ang ngisi sa labi niya at dumeretso nang tayo. Kumuyom ang mga kamay niya habang nakatitig pa rin doon sa mga bola na animong tinatanong ang mga ito kung bakit hindi sila nagpahulog.

Agad na tumayo si Taguro at kitang kita ko kung paanong tinanguan niya pa si Sam bago pumuwesto sa harap ng mesa. Nilingon ko si More at gaya kanina, nakangiti pa rin siya habang nakataas pa ang labi.

"WAAAAAAAAA!"

"GO, TAGURO!"

Muling nagsigawan ang mga tao kaya naman natutulirong tiningnan ko si Taguro ngunit deretso na ang tayo niya at may inilalagay na kung ano sa dulo no'ng cue stick niya. Sa tingin ko ay nakakabilib na naman iyong ginawa niya kaya ganoon na lang ang hiyawan nila. Pinagmasdan ko ang mukha ni Taguro at natigilan pa ako no'ng makita kong bahagya na siyang nakangiti ngayon.

'Ano kayang nangyari?'

Nilingon ko si Sam at siya na ngayon ang salubong ang mga kilay habang pinapanood ang pagtira ni Taguro. Muling pumuwesto si Taguro at sa isang yukuang ginawa niya agad siyang tumira. Shoot! Dalawang magkasunod na bola.

'Wow.'

"TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO!" 'Ayon na naman iyong maingay at malakas na sigawan.

Hindi ko naisip na pabibilibin ako ng ganito ni Taguro ngayon. Tama nga ang mga sinasabi nila dahil ako mismo ay nakikita ko ang mga ginagawa niya at kahanga-hangang talaga. Sa pagkakakilala ko rin sa billiards ay wala akong kilalang babaeng nahilig sa billiards bukod kay Noona na hindi naman talaga marunong pero interesado. Siguro ay dahil na rin sa wala namang ganitong sports sa 'min no'ng mga nakaraang taon.

Mabilis na tumakbo ang oras at ang Race to 9 na laban ay unti-unting nalalagas. Tatlong puntos na lang ay panalo na si Taguro habang four naman ang score ni Sam.

'Mahusay ka nga, Taguro. Nakakabilib.'

"Para maging magaling sa billiards ang isang manlalaro, kailangan niyang magkaroon nang matalas na pag-iisip." Ani More.

Ikinabigla ko ang biglaang pagsasalita na naman niya kaya naman hindi ako nakasagot agad. Nasa mga manlalaro ang paningin niya na hanggang ngayon ay hindi ko mawari kung sino sa mga ito ang hinahangaan niya.

"Kailangang maging mautak ka," dagdag pa niya. **"Dahil kung ano 'yong nasa isip mo, 'yon mismo ang gagawin mo."** Nakangiti pa ring sambit niya 'tsaka niya pa lang ako nilingon at nagsalubong ang mga paningin namin. **"Ang pagpaplano ng tira na gagawin mo ay bubuuin mo muna sa isip mo. At sa ilang segundong pagitan mula sa pagpaplano ay kailangan mong maisagawa 'yon sa pamamagitan ng pagtira."**

'H-Hindi ko po maintindihan. Basketball player po ako, MVP pa nga, eh. Tch.'

Nanatili kaming nakatingin sa isa't isa at hindi ko malaman kung ano anong paraan ako sasagot sa kaniya. May kakaibang pakiramdam na idinudulot sa 'kin ang presensiya niya. Para bang sinasabi nitong makinig lang ako nang makinig sa kaniya.

"Hindi ito gaya nang ibang sports. Ang billiards kasi ay kailangang mapredict mo ang mangyayari. Ang magiging posison niyong mga bola oras na tumira ka. Kasama sa plano mo kung saan mapupunta ang pato at iyong iba pang mga bola. Hindi puwede ang basta bastang tira dahil may tinatawag na tamang pagpupulso riyan. May malumanay tira, mayroon namang malakas. Mayroon din siyempre iyong tira na basta basta. Sa larong ito kasi, kaunting pagkakamali mo ay maaaring hindi ka na makatayo at mapunta ang pagkapanalo sa kalaban mo."

'Ah, kaya pala hindi na nakatayo si Sam? Hahaha.'

"Bago mo pahulugin ang isang bola, kailangang may plano ka na kung paano mong pahuhulugin iyon kasunod niya. Tapos ay sunod sunod na."Dagdag niya.

"Ang hirap naman no'n?" Kunot-noong palag ko at natawa siya. **"Ibig sabihin, hindi ko pa man naihuhulog 'yong number 2 kailangang alam ko na kung paano kong pahuhuluhin iyong number 3?"**

"Exactly," tumango pang tugon niya. **"Kung iyong dos ang ihuhulog mo, kailangang prepared ka na sa tres. Kailangang maging eksakto ang paghinto nang pato kung saan magiging madali para sa 'yong maihulog ang mga bola. Pero gaya nang nauna, bago mo pahulugin ang tres, kailangang may plano ka nang tira para sa kuatro. Tapos ay sunod sunod na, paulit-ulit lang. Kung iniisip mong madali ay nagkakamali ka, mahirap 'yan."**

'Tch! Gano'n ba kahirap 'yon? Eh, bakit parang tira lang siya nang tira?'

"Bibihira sa babae ang nagbibilyar kaya naman no'ng malaman kong may laro ngayon ay pinanood ko na." Dagdag pa niya 'tsaka muling humalakhak.

"Ah, hehehe, 'yon nga po ang naisip ko, eh. Bihira sa kanila ang naglalaro nang ganitong klase ng sports. Ang totoo, ngayon lang nakasali ang billiards sa sports namin. Isinali raw nang Luna University."

"Oh, narinig ko nga ang tungkol diyan," nakangising aniya. **"Mabuti naman at naisali nila. Naipapakita nang mga marurunong sa linyang ito ang talento nila. Hindi ba?"**

"Oo nga po. Hindi ko nga alam na may schoolmate akong marunong maglaro, eh." Patungkol ko kay Taguro, hindi naman siya nagsalita kaya nilingon ko si Taguro. Sunod sunod pa rin ang pagpapahulog nito nang bola kaya napangiti ako at hindi ko na 'yon maiwasan. **"Minsan pala, nakakabilib din 'yong mga hindi mo inaasahan."** Wala sa sariling sambit ko habang nakatuon ang paningin kay Taguro.

"Hindi inaasahan? Hmm. Gaya nang ano?" Tanong ni More ngunit hindi ko siya nagawang lingunin. Inulit ko ang tanong niya sa isip ko at lalo akong napangiti.

Hindi ko maipaliwanag kung bakit naging kumportable bigla ang pakiramdam ko at nagustohan ko ang magsalita.

"Ang totoo, ako ang nagsali ro'n sa babaeng 'yon sa larong 'to kaya siya naging manlalaro ng school namin," nakangiting sambit ko habang

nakaturo kay Taguro.

Nilingon ko si More at nakangiti na siya sa 'kin bagaman hindi nagsasalita. Nakaangat na naman ang labi niya at gayon na rin ang parehong kilay niya. 'Tsaka napapailing na tumingin muli roon sa mga naglalaro.

"Hindi ko akalaing sa huli ay ako 'yong mapapahiya dahil marunong pala siyang magbilliards. At hindi lang marunong kundi *magaling* na *magaling* pa," dagdag ko.

"Mm? Why did you do that?"

"Nakakahiya mang sabihin pero ginawa ko 'yon para asarin siya at galitin. Pero hindi ko inaasahang sa huli ay ako 'yong mapapahiya. Hindi lang sa kaniya kundi pati na rin sa sarili ko."

"Bakit ka naman napahiya?"

Napangiti ako. **"Dahil gumawa ako nang kalokohang ikapapahiya ko rin sa huli. Hindi ko kasi alam na marunong siyang magbilliards no'ng isali ko siya rito. Ang inaasahan ko ay magkakandarapa siya sa paglalaro ngayon pero heto siya ngayon. Ilang puntos na lang at siya na ang panalo."**Sinulyapan ko pa si Taguro.

"Mm, eh, di siya pala ang dahilan kung bakit nandito ka at nanonood ng bilyar habang halata namang isa kang basketball player?" Aniya na pinasadahan pa ng tingin ang kabuuan ko.

Napatingin naman ako sa jersey uniform ko. **"A-Ah, yeah, hehe. Gusto ko rin kasi siyang panoorin dahil ito pa lang 'yong unang beses na mapapanood ko siya."**

"Talaga?"

"Yes, hehehe," pilit ang ngiting tugon ko at tumangu-tango naman siya. **"Eh, ikaw, More? Bakit kayo nandito?"**

"Nandito ako para panoorin ang anak ko."

"Ah, talaga?"

"Mm, gusto kong makita ang bawat laro niya. Masarap kasi sa pakiramdam 'yong pinapanood mo ang anak mong laruin 'yong paboritong sports niya. Habang naririnig mo 'yong mga papuri nang mga tagahanga niya. Bilang isang magulang ay nakakatuwa 'yon at masarap sa pakiramdam. Lalo na kapag nakikita mong kahit nasa malayo ka ay maayos ang anak mo't marunong sa iba't ibang bagay." Puno nang paghangang aniya at namangha naman ako doon.

Hindi ko napigilang isipin sina Mommy't Daddy na nandito rin para panoorin ako.

"Ganoon pala ang iniisip ninyong mga magulang," namamanghang tugon ko.

"Oo naman, bakit?"

"Nandito rin kasi ang parents ko para panoorin ako. Naisip ko lang na siguro ay ganiyan din ang naiisip nila sa 'kin. Mahal na mahal kasi ako ng parents ko, lalo na no'ng Mommy ko, hehehe."

"That's nice, wala namang dahilan para hindi ka nila mahalin. Anong oras nga pala ang laro mo?"

"Ah, alas dies pa po, pagkatapos nito."

"I see, galingan mo."

"Oo naman, yes. Inspired, eh," nakangiting tugon ko habang nakatingin kay Taguro. **"Kaya gagalingan ko talaga. Hehehe,"** pakiramdam ko ay kay Taguro ko mismo sinabi 'yon. Hindi sumagot si More kaya naman nilingon ko siya ngunit nagulat ako no'ng makita kong nakatingin siya sa 'kin habang nakangiti rin. **"B-Bakit po?"**

"Do you like her?"

"E-Eh?" Maang-maangang tugon ko.

"That girl..." Turo niya kay Taguro at doon bumilis ang tibok ng puso ko. **"Do you like her?"** Nakangiting tanong niya ngunit hindi ako nakasagot. Muli kong tiningnan 'yong itinuturo niya at talagang si Taguro 'yon.

'D-Damn it, ganoon ba talaga ako kahalata? B-Bakit pati siya ay nahulaan? Putsa, baka pati si Taguro ay nahahalata na ako? Badtrip! This is embarrassing, Deib Lohr! Baka lalo kang asarin no'ng hambog na 'yon!'

"It's okay," dagdag niya dahilan upang matinag ako. **"You don't have to answer my question,"** aniya pa 'tsaka muling tumingin doon sa mga naglalaro.

Kabado naman akong napatitig sa kaniya 'tsaka nagmadaling tumingin kay Taguro na patuloy pa rin sa pag-ikot sa mesa bago tumira.

"S-Sorry, hindi ko inaasahang tatanongin niyo ako ng ganoong tanong. Nabigla ako," mayamaya ay nagsalita rin ako. **"Ang totoo, kahit ako ay hindi ko sigurado kung tama ba 'yong nararamdaman ko."** Wala sa sariling pag-amin ko.

"Mm?" Parang nagulat pang aniya. **"Bakit naman?"**

Sandali akong natigilan at napaisip kung dapat ko ba 'yong sabihin sa kaniya. Tumingin uli siya ro'n sa mga naglalaro at ngingisi ngising humahanga. Lumingon ako sa mga nasa likuran at nasisiguro kong wala akong kakilala sa mga ito. Imposible rin ang marinig nila ang anomang usapan namin dahil masiyado silang maiingay.

'Tch! Hindi ko naman kilala 'to, eh. Ayos lang naman siguro kung sasabihin ko sa kaniya. Hindi naman kami magkakilala at hindi ko matandaan kung nakita ko na nga ba siya o hindi pa. At isa pa, tagarito naman ang anak niya, hindi naman na kami magkikita oras na matapos itong inter high. Sa tingin ko ay may mai-a-advice siya sa 'kin na mas matured kumpara sa mga advice ni Tob na mas lamang ang pang-aasar! Tch!'

"H-Hindi ko kasi alam kung gusto ko na ba talaga siya," nahihiyang panimula ko.

Nilingon niya naman ako. **"Sinasabi mo bang hindi ka sigurado sa nararamdaman mo?"**

"Ganon na nga, Sir--"

"Stop calling me Sir."

"Sorry, More."

"Hindi ka sigurado sa nararamdaman mo para sa kaniya pero nandito ka para panoorin siya?"

"A-Ah, ang totoo ay palabas na sana ako no'ng--"

"Sshh..." Pagpapatahimik niya sa 'kin. **"Hindi mo talaga masisiguro ang nararamdaman mo dahil ikaw mismo ay nagsisinungaling sa sarili mo,"** pagdederetso niya at napamaang naman ako. Humalakhak siya. **"Mahihirapan ka talaga dahil puro ka dahilan. Hindi mo malalaman ang totoo dahil ikaw mismo ang kumukontra sa sarili mo, hijo."**

"Puwede ba 'yon?"

"Oo naman," humalakhak uli siya. **"Dahil natatakot kang malaman 'yong nararamdaman niya sa 'yo,"** nakangiti ngunit seryosong aniya habang nakatingin sa mga mata ko.

Pakiramdam ko ay mas kinabahan ako no'ng bumilis ang tibok ng puso ko. Hindi ko maintindihan kung bakit pakiramdam ko ay *tama* 'yong sinasabi niya kaya ganito ang naging reaksiyon ko.

Tiningnan ko pa muna siya bago nakapag-isip.

'Tutal, litong lito ka na rin naman sa nararamdaman mo, bakit hindi mo subukang magbahagi sa kaniya? Hindi mo naman siya kilala at hindi mo

na makikita pa! Maniwala ka sa 'kin, Deib Lohr, dahil mukhang mas ayos siya kumpara kay Tob!'

"Hindi po kasi kami okay."

"Huh? Paanong hindi okay?"

"Magkaaway po kasi kami. Mortal enemies in the past."

Humalakhak uli siya. **"Talaga?"**

"Opo, hindi ko inaasahang m-mahuhulog ako sa kaniya. This is unexpected and unacceptable at the same time. Tch!"

"But it's inevitable." Agad na tugon niya. Sandali akong natiligilan. Nakangiti siya sa 'kin at saka nagbuntong-hininga. **"Minsan kasi ay posibleng magustohan mo ang taong ayaw mo,"** humalakhak na naman siya. **"Nakakatawa pero totoo. Nangyayari talagang ang taong minsan mong kinamumuhian ay magustohan mo rin kalaunan. Lalo na kung may mga bagay siyang nagawa na maaaring maging dahilan upang magustohan mo siya nang tuluyan."**

'Marami nga po. Tch. Maraming dahilan.'

"Aminin man natin o hindi, tayong mga lalaki ay nagkakaroon nang interes sa mga babaeng nakagagawa nang mga bagay na hindi natin inaasahang magagawa nila. Babae siya at lalaki ka. Bibihira ang babaeng magkakaroon nang lakas ng loob na makipag-away sa 'yo lalo na't..." Tiningnan niya pang muli ang kabuuan ko dahilan upang mapatingin din ako sa katawan ko. **"Mukhang may kaya ka."** Nakangiwing dagdag niya. **"Halata namang nagmula ka sa mayamang pamilya. Ano'ng lakas ng loob ang mayroon siya para makipag-away sa 'yo imbes na katakutan ka?"** Muli siyang humalakhak. **"Maaaring nadali niya iyong interes mo dahil *iba* siya kumpara sa nakararami."**

'Tama siya! Paano niyang nalaman 'yon?'

"Hindi ka nalilito sa nararamdaman mo," aniya pa at lalo akong natigilan. **"Ang totoo niyan ay *alam* mo nang *gusto* mo siya. Hindi mo lang talaga matanggap na *mahal* mo na siya."**

"S-Sir--I mean, More," natutulirong sambit ko. **"Hindi ko siya mahal."**

"Mm, talaga?"

"Talaga!" Agad na tugon ko at saka nakangusong sinulyapan si Taguro. Pakiramdam ko ay panandalian huminto ang oras at kaming tatlo lang ang nandito. **"Hindi ko pa sigurado kung kaya ko siyang mahalin dahil masiyadong komplikado ang pagkatao niya. Mas lamang iyong mga**

bagay na hindi namin mapagkasunduan. Tch! Ni hindi nga ako sigurado kung may mga napagkasunduan ba kami, eh," umiling iling pa ako 'tsaka bumuntong-hininga. **"Hindi ko talaga maintindihan kung ano ang puwede kong magustohan sa babaeng 'yan. Wirdo siya!"**

Napahalakhak na naman siya. **"Don't rush things up, young man,"** nakangiting aniya. **"'Wag kang magmadali. Sa ngayon ay hindi mo talaga maiintindihan 'yan dahil nalilito ka kamo. Pero darating iyong oras na maiintindihan mo ang punto ko. Hindi ko sinasabing tama ako pero may mga nabanggit naman akong makapagpapatunay na totoo ang mga 'yon."**

'Medyo nalito ako, More, ano?'

"Sa tingin ko ay mas magandang huwag mo na lamang munang isipin kung gusto mo ba talaga siya o hindi--kung mahal mo ba talaga siya o hindi. Dahil ang pinakamagandang gawin ngayon ay i-enjoy kung ano ang nararamdaman mo sa puso mo," aniya pa.

'Tch! Eh, parang ganiyan din 'yong sinabi ni Tob, ah? Nakakainis! 'Yan ba talaga ang dapat kong gawin?'

"Kasi kung tama nga ang sinabi mong *hindi* mo siya gusto o hindi mo nga siya *mahal*. Kusang mawawala 'yang *pagkalito* na nararamdaman mo," dagdag niya.

'Tch! Kailangan niya pa ba talagang diinan 'yong mga sinasabi niya? Tsk!'

"H-Hehehe, sa tingin ko nga ay 'yan ang pinakamagandang gawin ko sa ngayon," pilit ang ngiting naisagot ko.

"Mm, wala namang mawawala. Hindi niya naman alam na *ganiyan* ang nararamdaman mo para sa kaniya, hindi ba?"

"Hindi nga po."

"Kung ganon ay i-enjoy mo na nga lang 'yong tuwang nararamdaman mo kapag nakikita mo siya. Sana nga lang ay huwag umabot doon sa puntong--kung kailan hindi ka na nalilito, huli na ang lahat para masabi mo ang totoo. Dahil mas mahirap na desisyon na ang kailangan mong gawin kapag nagkataon."

"A-Ano ang ibig niyong sabihin?"

"Baka kasi maubos ang oras mo kaiisip kung gusto mo ba siya o hindi. Sa halip, ilaan mo 'yong oras na 'yon sa pagpaparamdam sa kaniyang gusto mo siya."

Kinakabahan ako. Hindi ko maintindihan ang pinupunto niya at pakiramdam ko ay ang tanga tanga ko.

"H-Hahahaha!" Kaya naman tawa na lang ang naisagot ko na bahagya niyang ikinagulat kaya nakaramdam ako nang pagkapahiya.

Naglihis ako ng tingin at nasalubong ko ang paningin ni Taguro! Nakatingin siya sa 'kin habang nagtitisa!

'A-Ano ang itinitingin tingin mo riyan?'

"She's looking at you," humalakhak pang ani More ngunit hindi ko siya nagawang lingunin.

Sunod sunod ang naging paglunok ko. Pakiramdam ko ay kinikiliti ang puso ko habang pumapatak ang segundong nakatingin kami sa isa't isa ni Taguro. Hindi ko maipaliwanag ang tuwang idinudulot niyon sa 'kin.

'Bakit siya nakatingin sa 'kin?'

Sa araw na ito ay iyon ang unang beses na tumingin siya sa 'kin na nakikita ko. Ikinunot ko ang noo ko at binigyan siya ng nagtatakang tingin ngunit yumuko na siya upang tumira.

HULOG!

"WAAAAAAAAAA!"

"GO, TAGUROOOO!"

Doon lang ako nakabalik sa reyalidad. Nangibabaw muli sa pandinig ko ang ingay ng paligid, hindi gaya kaninang magkausap kami ni More. Pakiramdam ko ay nawala ang lahat ng tao at naiwan kaming tatlo nina Taguro.

Nilingon ko ang score board sa bandang itaas at nakita kong 8-4 na 'yon. Isa na lang at panalo na si Taguro.

Mas naging maingay ang mga nanonood no'ng maihulog na naman ni Taguro ang dalawa pang bola at nuebe na lang ang matira.

"MAXPEIN FOR THE WIN!"

"SHOCKS! IDOL NA TALAGA KITA!"

"GRABE, KINIKILABUTAN AKO!"

Muling pumuwesto si Taguro at doon agarang natahimik ang kaninang mga nag-iingay. Pumuwesto siya sa kabilang gawi no'ng table kung sa'n bahagya siyang nakatalikod kay Samantha. Umiling siya at saka tinalikuran ang mesa. Nakangiti siyang lumapit sa silya niya at inabot ang bote ng tubig na nakapatong doon. At animong lalaking tinungga iyon.

"WAAAAAAAAA!"

"ANG CUTE MONG NGUMITI!"

"ASTIG KA!"

"TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO!"

Nagpaulit-ulit ang kasisigaw nila nang TAGURO habang hinihintay na bumalik ito sa mesa para tumira.

'Nakakainis! Sinabi nang gusto ko ay ako lang ang tatawag sa kaniya ng Taguro, eh!'

"BAKIT BA TAGURO ANG TAWAG NILA KAY PEIN?" Natatawang tanong niyong nasa likuran ko at bahagya naman akong napalingon sa gawi nila.

"HAHAHA! HINDI KO NGA RIN ALAM, EH, KANINA PA SILA TAGURO NANG TAGURO."

"ANG WEIRD LANG."

'Dahil sa 'kin! Tch!'

"OH MY GOD, NANDIYAN SI RANDALL!"

Nangibabaw ang tilian nang mga babae at animong may dumating na artista no'ng magsipagtayuan ang mga ito at sumilip sa gawing 'yong ng entrance. Mula sa kinauupuan ko ay natatanaw ko si Randall at nakatingin siya kay Taguro.

'Tch! Anong ginagawa niya rito?'

Natigilan ako sa sarili kong naisip no'ng maalala kong school nga pala nila ito. Nagngitngit ang kalooban ko dahil sa presensiya ni Randall ngunit animong nagkaroon ng himagsikan sa dibdib ko no'ng makita kong nakatingin sila sa isa't isa ni Taguro.

"WAAAAAAAAA!"

"NAKAKAKILIG!"

"EX-LOVERS! YAAAA!"

"MULING IBALIK!"

Inis kong nilingon 'yong huling sumigaw ngunit ang lakas ng loob nitong ngitian pa ako na animong kinikilig.

'Muling ibalik--your face! Pangeeet! Tch!'

Inis akong lumingon kay Taguro ngunit agad akong natigilan no'ng makita kong nakatingin na siya sa 'kin! Nakagat ko ang pang-ibabang labi ko at hindi ko talaga napigilan ang mapangiti. Buti na lang at nag-iwas na siya ng tingin kaya hindi niya nakita 'yon.

'Akala mo ay ikaw lang ang titingnan ni Taguro? Ha! Tch! Dalawang beses naman siyang tumingin sa 'kin! Hahahahahahahaha! Galingan mo, Taguro!'

Pumuwesto muli si Taguro sa harap nang mesa at dahan dahang niyang iniangat ng bahagya ang isang bahagi ng katawan niya 'tsaka marahang pumatong sa mesa. Unti-unti niyang iginalaw ang stick niya at sa isang mabilis na tira ay nahulog ang huling bola!

Tumunog ang buzzer at naghiyawan ang mga tao. PANALO si Taguro.

"KYAAAAAAAH!"

"ANG GALING!"

"I KNEW IT!"

"TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO! TA-GU-RO!"

Kasunod nila ay sunod sunod din na nagtunugan ang buzzer niyong mga manlalaro mula sa ibang school. Natinag ako no'ng tumayo si More at nakangiting pumalakpak nang pumalakpak kaya naman gumaya ako.

"Hindi ko inaasahan 'to!" Gulat na sambit niyong nasa tagiliran ko. **"Ang buong akala ko ay si Sam na talaga ang mananalo."**

"Ganiyan nga rin ang naisip ko dahil ang tagal na raw hindi naglalaro ni Pein nang billiards."

"Dinig ko nga rin, bakit nga ba?"

Hindi ko napigilan ang sarili kong pakinggan ang usapan niyong mga nasa tabi ko.

"Kasi ang balita ko, mula no'ng magbreak sila ni Randall ay hindi na siya naglaro pa. As in inihinto na niya."

"Bakit naman kaya?"

"Siguro dahil ayaw niya nang maalala si Randall? Hindi ba't hobby nila pareho ang paglalaro ng billiards?"

"Sayang talaga silang dalawa, bagay na bagay pa naman sila noon," dinig ko pang sabi no'ng huli at saka sila sabay sabay na bumaba sa bleachers.

Napatingin ako kay Taguro at pareho na silang nakatayo ni Sam sa mismong gitna no'ng court. Hindi ko maintindihan ang sinasabi no'ng announcer pero sa tingin ko ay binabati nito si Taguro sa pagkapanalo.

Nanatiling maingay ang buong gym ngunit hindi niyong mabasag iyong mga narinig kong naiwan sa isip ko.

'Simula no'ng magbreak sila ni Randall ay hindi na siya naglaro? Kaya ba sinabi niyang may dalawang taon na siyang hindi naglalaro dahil ganoon na rin katagal mula no'ng magbreak sila? Tch!'

Inis akong nilingon si Taguro ngunit gaya kanina ay natigilan na naman ako Hindi ko halos madinig ang sigawan nang mga tao dahil mas naririnig ko iyong kabog nang dibdib ko. Naglalakad si Taguro papunta sa gawi ko habang nakatingin sa mismong mga mata ko!

Sunod sunod na naman ang naging paglunok ko at pakiramdam ko ay guguho ang mismong kinatatayuan ko sa sobrang kaba.

Agad akong nabalisa at hindi ko na magawang labanan ng deretso ang mga tingin niya. Pabilis nang pabilis ang tibok ng puso ko habang papalapit naman siya ng papalapit sa puwesto ko. Gustohin ko mang umalis ay hindi ko magawang ikilos ang katawan ko. Pakiramdam ko ay unti-unti akong ipinapako sa mismong kinatatayuan ko nang dahil sa mga tingin niya. Meron sa mga mata niyang nakapagpapakaba sa 'kin. Deretso siya kung makatingin sa 'kin at bukod doon ay wala na, pero pakiramdam ko ay kayang kaya akong tunawin nang mga titig na 'yon. Ang puso ko ay parang paulit-ulit na hinihimas at kinikiliti.

'What the hell are you doing to me? Damn it! What are you staring at?'

Halos mapaiktad ako no'ng tuluyan siyang huminto sa harapan ko at umayos naman ako nang pagkakatayo. Sunod sunod muling lunok ang nagawa ko bago pa man ako magkaroon nang lakas ng loob na makapagsalita.

"A-Anong itinitingin tingin mo, h-ha?" Utal utal na tanong ko ngunit imbes na sumagot ay nginitian niya ako dahilan upang sandali akong matuliro. **"A-Ano ba?"**

"Tss. No'ng ikaw ba ang titig na titig sa 'kin, kinuwestiyon kita?" Nakangisi at puno nang kayabang tanong niya.

"A-Ano?"

Humalakhak siya. **"Kanina mo pa ako tinititigan pero hindi kita tinanong ng ganiyan. Samantalang ikaw, simula ro'n hanggang dito, wala pa akong isang minutong nakatingin sa 'yo--ganiyan na agad ang galit mo? Tss."**

"A-Anong--hindi kita tinititigan, ah?"

"Talaga?"

"Ang tigas ng mukha mo, Taguro! 'Tsaka, a-anong nagagalit? Sinong galit? Hindi ako galit! Naiinis lang ako!"

"Hindi ka naiinis, Sensui, dahil naiilang ka. ***Na-i-i-lang*** **ka,"** pagdidiin niya pa!

'I can't believe this damn girl! Damn it!'

"H-Hoy, baka nakakalimutan mong i-ikaw itong lumapit sa 'kin dito?"

"Sino namang may sabi sa 'yong ikaw ang nilapitan ko? Oo, nakatingin ako sa 'yo pero hindi ikaw ang nilapitan ko rito."

"Tch! Nandito ka na nga sa harapan ko, eh, tatanggi ka pa?"

"Tss. Baka hindi ikaw ang ipinunta ko?" Sarkastikong aniya pa dahilan upang bahagya akong mapahiya. **"Assuming ka talaga, eh, 'no?"**

"Ano?!" Singhal ko.

"Assuming ka, eh, 'no?"

'Inulit pa! Ang tibay! Tsk!'

"A-Anong assuming? 'Wag ka nang tumanggi! Nilapitan mo ko! Ngayon sabihin mo na sa 'kin, anong kailangan mo? Dali!"

"Wow," namamangha kunyaring usal niya. **"Assuming plus expecting equals Sensui."** Dinig kong bulong niya dahilan upang magtangis ang mga bagang ko.

Batid kong hindi lang kaming dalawa ang nakakarinig nang bulyawan namin at nakakahiya ang katotohanang iyon. Batid ko ring may mga matang nakamasid sa 'ming dalawa lalo pa't kapapanalo lang niya at ako agad ang nilapitan niya.

Hindi ako nakapagsalita at halos huminto ang paghinga ko no'ng makita kong ngingisi ngising nakatingin sa 'min si More habang nagpapalipat-lipat ang paningin sa 'ming dalawa ni Taguro. Nanginig bigla ang mga kamay ko at hindi ko malaman kung anong magiging reaksiyon ko. Hindi na nakatingin sa 'kin si Taguro pero hindi ko naiwasang tingnan silang dalawa.

At doon ko napansing ang laki nang pagkakahawig nilang dalawa!

'Damn it! Ang bobo ko!'

"Bakit nga ba magkausap kayo nito, Dad?" Tanong ni Taguro at ang huling salitang 'yon ay nagpaulit-ulit sa pandinig ko.

'Dad?'

'Dad?'

'Dad?'

Napamaang ako sa kanilang dalawa. **"D-Dad? Daddy mo siya?"** Hindi makapaniwalang tanong ko habang nakaturo kay More at nakatingin kay Taguro.

Taka naman akong nilingon ni Taguro at kunot-noong tinitigan ako.

"Tss. Parang ayaw mo pa, ah?" Sarkastikong tanong niya dahilan upang mas mapanganga ako.

"A-Ano?"

"Oo, Daddy ko siya. Bakit parang ayaw mo pa? Tss."

Hindi ako nakasagot. Napatingin ako kay More at talagang gusto ko nang lumubog sa kinatatayuan ko ngayon nang dahil sa sobrang kahihiyan!

'Damn it! Bakit hindi niya sinabing ang tinutukoy niyang anak ay si Taguro? Kung kailan nasabi ko na ang lahat lahat sa kaniya? Damn it!'

OceanofPDF.com

CHAPTER 103 : INTERHIGH

MAX'S POV

"Puwede bang tigilan mo 'yang pagtingin tingin mo sa 'min dalawa? Ang OA mo, eh. Tss." Saway ko kay Sensui dahil panay pa rin ang linga niya sa 'ming dalawa ni Daddy. **"Tss. Kinausap mo 'tong taong 'to nang hindi nalalaman kung sino siya? Abnoy ka talaga, eh, 'no?"** Sita ko pa sa kaniya.

"Eh, h-hindi ko naman a-alam na Daddy mo pa siya."

Hindi niya alam?

"Tss. Hindi mo pa rin dapat kinakausap ang taong hindi mo kilala, Sensui, bata pa lang ay itinuturo na 'yan. Hindi ka ba dumaan sa pagkabata? O hanggang ngayon ay bata ka pa rin?" Pang-aasar ko sa kaniya at sumama naman ang tingin niya habang nakanguso. **"Hindi ba kami magkamukha sa paningin mo?"**

Hindi agad siya nakasagot. Animong gulat pa ring pinagmasdan kaming dalawa ni Dad.

"H-Hindi ko napansin, eh," nakanguso pa ring tugon niya.

"Tss. Sa itinagal tagal mong nakatitig sa mukha ko, hindi mo pa napansin?"

"Hoy, Taguro--hindi sabi kita tinititigan!"

"Okay," palihim na nakangising tugon ko 'tsaka bumaling kay Dad. **"Bakit naman kasi hindi mo sinabi sa kaniyang anak mo ako?"** Taas-kilay na tanong ko.

Naramdaman ko namang humarap sa 'min si Sensui at tumutok sa isasagot ni Dad.

'Mukha siyang bata at mukha siyang tanga. Cute nga lang. Tss.'

"Sinabi ko naman sa kaniyang nandito ako para sa anak ko," inosenteng tanong ni Dad na nilingon pa siya. **"Hindi ba, hijo?"**

"Eh, sinabi naman pala sa 'yo, eh," pigil ang tawang baling ko kay Sensui.

"S-Sinabi niya nga pero hindi niya naman sinabing ikaw ang anak niya," napapahiya pa ring tugon ni Sensui.

"Eh, hindi mo naman pala sinabi sa kaniyang ako ang anak mo, Dad," baling ko kay Dad.

"Hindi niya rin naman kasi tinanong," natatawang tugon ni Dad.

"Eh, hindi mo naman pala kasi tinatanong--"

"Shut up!" Inis na singhal sa 'kin ni Sensui dahilan upang mapangisi ako. Namumula ang mukha niya habang balisa at napapahiya. **"E-Eh, di mag-Daddy kayo kung mag-Daddy kayo! Tch!"**

Natawa kaming pareho ni Daddy. **"Para hindi ka nagkakaganiyan, hayaan mong ipakilala kita sa kaniya,"** nakangiting tugon ko 'tsaka humarap kay Daddy. **"Ah, Dad, *this* is Deib Lahr Enrile--"**

"Lohr 'yon!" Pagtatama niya sa 'kin. **"Lohr--hindi Lahr! Deib Lohr Enri--"**

"Eh, di ikaw na ang magpakilala!" Inis na pigil ko sa kaniya.

"I-Ikaw na! Magpapakilala na nga lang, mali mali pa!"

"Tss! Anong malay ko sa buong pangalan mo?"

"Ha! Eh, bakit ako? alam ko ang buong pangalan mo?"

"Malamang! Ikaw pa? Tss! Pabango ko nga ay alam mo, eh, pangalan ko pa kaya?" Mayabang na tugon ko at namula naman siya lalo.

"Ang tigas ng mukha mo--"

"Oh, tama na," pigil ko sa kaniya. **"Namumula ka naman, eh. Uulitin ko ha? Dad,"** baling ko muli rito. **"This is Deib *Lohr* Enrile. Tss. Ano? Tama na?"** Sarkastikong tanong ko pero ngumuso lang siya.

"Hi, Deib!" Bati ni Dad na inilahad pa ang kamay sa kaniya.

Nag-aalangang inabot naman 'yon ni Sensui. **"Hi...?"**

"Deib, this is Maximor del Valle. You can call him More. He's my Dad," pakilala ko pa.

"Nice meeting you, Deib," nakangising dagdag pa ni Dad.

"Nice meeting you, too, Sir--"

"Sabi nang More na lang ang itawag mo sa 'kin," pigil ni Dad sa kaniya. **"Kanina pa siya Sir nang Sir,"** baling ni Dad sa 'kin. **"Sinabi nang hindi Sir ang pangalan ko. More nga. More."**

"Tss. More na lang kasi ang itawag mo dahil sa ganoong paraan na lang siya bumabata. Sumi-Sir ka pa riyan, eh."

"Eh, hindi ako sanay sa More--parang hindi ko naman siya iginagalang kung More lang ang itatawag ko sa kaniya?" Napapahiyang tugon pa rin ni Sensui.

"Mm, so gusto mo ay iyong may paggalang pa rin?" Sarkastikong tanong ko.

"Siyempre naman," nakangusong tugon niya.

"Eh, di Daddy na lang."

"Ano?"

"Kung ayaw mo nang More, eh, di Daddy na lang? 'Di ba, Dad?"

"Why not?" Tanong ni Dad 'tsaka humalakhak.

Hindi agad nakasagot si Sensui. Nanlaki ang singkitin niyang mga mata at namula ang maputi niyang pisngi. Sumimangot siya nang todo sa sobrang pagkapahiya.

'Kung mabait bait lang siya ay hihilingin kong magkaroon ng laruang gaya niya.'

"Tss." Natawa ako sa sarili kong isipin.

"Ngayon..." utal na ani Sensui at saka tumikhim. **"Ngayon ay masasabi ko nang mag-Ama nga kayo dahil pareho kayong wirdo."**

"Oh, eh, anong itatawag natin diyan sa iniaasta mo?"

"A-Anong iniaasta ko na naman, Taguro?"

"Hindi ba't weird din 'yang mga kilos mo?" Makahulugang tanong ko 'tsaka ngumisi sa kaniya. **"Tsk tsk tsk. *Ano* kaya ang pinagsasasabi mo sa Daddy ko at ganiyan na lang ang gulat mong malaman na siya ang tatay ko? Nauutal ka pa sa harapan ko, kanina pa 'yan, ah? May kautal-utal ba sa usapang 'to?"** Kunyaring tanong ko at bumalatay naman ang pagkabalisa sa kabuuan niya. **"Bakit kaya? Hmm. Hindi kaya--"**

"Wala! Wala akong sinabi sa kaniya! 'Wag ka nang mag-isip kahit kailan, Taguro!"

"Eh, bakit parang meron?"

"Wala nga!"

"Eh, di wala, puwede namang sumagot nang simpleng *wala*, naninigaw pa? Tsk tsk." Muling pang-aasar ko. **"Grabe, nalingat ka lang, nagpakilala na--sa tatay mo pa?"** Bulong ko at nanlaki na naman ang mga mata niya. **"Biro lang."**

"Hoy, Enrile!" Nangibabaw ang tinig ni Tob at sabay sabay naman kaming napalingon sa kaniya.

"Tob," mahinang tawag ni Sensui at pinanood namin ang paglapit nito.

"Anong ginagawa mo pa rito? May laro tayo, oh?" Nag-aalalang tugon niya na itinuro pa ang relos niya 'tsaka bumaling sa 'kin. **"Hi, Maxpein! Hehehe! Congrats! Ang cool mo ro'n!"**

"Salamat, Tob."

"Wow, alam mo pala ang pangalan ko?" Gulat na tanong niya at natigilan naman ako. **"Ngayon mo lang ako tinawag sa pangalan ko, ah? Hahaha!"**

'Ha? Seryoso?'

"Oh? Daddy mo?" Baling ni Tob kay More dahilan upang mapangisi ako't tumango. **"Ah, talaga?"**

"Eh, bakit si Tob, napansin agad?" Seryoso kunyaring tanong ko kay Sensui.

"Eh, sa h-hindi ko napansin, eh," nakangusong tugon nito.

"Tsk tsk, dre, magkamukhang magkamukha, oh?" Ani Tob. **"Hehehe! Hello, Sir! I'm Yakiro Tobi Yanai,"** pakilala niya pa sa puntong Hapon. **"Tob na lang po para cute, hehehe!"**

"You can call me More," tugon ni Daddy 'tsaka nakipagkamay sa kaniya.

"Wow! Astig! More! More--Pein! More!" Sigaw ni Tob dahilan upang pare-pareho kaming mapamaang sa kaniya. Siya mismo ay natigilan sa sarili niyang kabaliwan. **"Hehehehe! Grabe, Max! Ang galing mo ro'n, ah? Ang dami tuloy bumilib sa 'yo kanina. Wala na yatang gustong lumaban ng billiards sa 'yo dahil sa takot! Kailan ang sunod na laban niyo?"**

"Ah, si Naih na ang susunod na lalaban."

"Ah, sige, panonoorin din namin 'yan. May laro kami ngayon alas dies, manood ka rin, ah? Isama mo si Michiko, hehehe! At saka si More! Hehehe! More!"

"Sige, ba."

"Oh, siya, sige. Mauna na kami, sinundo ko lang talaga 'tong si Enrile. Baka ma-late kami. Hehehe! Nice meeting you, More!" Aniya pa 'tsaka inakbayan si Sensui na nasa akin pa rin ang paningin. **"Halika na! Psh! *Boring* pala, ah? Boring, eh, 'no? Loko ka, ah?"** Dinig ko pang pang-aasar ni Tob sa kaibigan.

"Tch! M-Manahimik ka nga?"

"Ah, More, si Deib po ba ay nakilala niyo na?"

"Ah, yeah, ipinakilala na siya sa 'kin ni Pein."

"Nice, hehehe! Kilala mo na pala ang Daddy ni Max, eh? Hehehe! Nice one!"

"M-Manahimik ka sabi, Tob, hindi ko nga napansing mag-Daddy sila, eh. Badtrip." Tugon ni Sensui, bakas talaga ang pagiging balisa niya. Batid kong meron siyang hindi sinasabi sa 'kin na paniguradong hindi rin sasabihin ni Daddy sa 'kin.

"Psh! Titingnan mo kasing pareho, dre," pang-aasar na naman ni Tob. **"'Wag 'yong sa *isa* ka lang nakatingin! Tsk tsk!"**

'Ang lakas niyang mang-asar, grabe. Kung hindi lang talaga si Michiko ang nililigawan nito ay maiisip kong bagay sila ni Naih.'

"T-Tara na nga! Puro ka kalokohan!" Halatang napipikong nang ani Sensui.

"Hahaha! Ako pa ang puro kalokohan? Baka ikaw, dre? Eh, kasi *boring* nga, 'di ba? Boring, dre, boring!" Pang-aasar niya muli ngunit hindi ako makarelate. **"Oh, siya, tara na. Max, More, mauna na kami! Congrats uli! Manood kayo, ah?"**

"Sige, salamat," nakangiting tugon ko. **"Galingan niyo."**

"Tch, ang daming sinasabi," nakangusong bulong ni Sensui habang nakatingin sa 'kin. Hindi ko na nagawang sagotin pa siya dahil hinila na siya ni Tob. **"Ikaw, ah? Buwisit ka!"**

"Sus! 'Wag ka nang ngumuso, dre, alam ko namang lucky charm mo 'yan! Hahaha!" Dinig ko pang-aasar ni Tob bago sila tuluyang makalayo.

Sabay naming tinanaw ni Daddy ang magkaibigan papalayo sa kinatatayuan namin.

"What's up with you and that Enrile?" tanong ni Dad. Nagtataka naman akong nilingon siya, nakatingin pa rin siya kina Sensui na halatang nagmamaktol habang inaasar ni Tob.

'Ako at si Enrile? Mm, ayos naman siguro. Nakakatamad na rin siyang patulan, eh.'

"Mm, we're good. May pagkaisip-bata siya pagdating sa 'kin but I guess we're good."

"May pagkaisip-bata?" Takang tanong niya 'tsaka natawa. **"Bakit mo naman nasabi 'yon?"**

"He's childish and immature, callow and peurile. Tss. He's silly and naive. Lahat nang may kinalaman sa pagiging isip-bata ay naipon at katawan niya at binuo siya," natatawang tugon ko. **"Bakit nga ba kausap mo ang isang 'yon?"** Tanong ko at nagkabit-balikat naman siya bago tumingin sa 'kin.

"Tumabi siya sa 'kin, eh."

"Tumabi sa 'yo?" Takang tanong ko at tumango naman siya.

'Tss. Baka naman nagkataon lang?'

"Pero kilala mo siya?" Tanong ko pa uli.

"Mm, una ko siyang nakita no'ng libing ng Daddy ni Randall," tugon niya at natigilan naman ako. **"Nakatingin pa nga siya sa 'yo no'ng oras na 'yon,"** humalakhak pa siya.

"Nakatingin sa 'kin?"

"Mm, sa inyong dalawa ni Randall."

"Tss. Kunsabagay, hindi na bago 'yan sa pandinig ko. Madalas ko rin siyang makitang nakatingin sa 'kin."

"Eh, di tinitingnan mo rin pala siya?"

Natuliro ako. **"Oo naman."**

"Eh, di napapansin mo rin siya?"

"Tss. Malamang."

"Hmm. Interesting."

"Ang alin naman?" Inis na tanong ko.

"'Yong *friendship* ninyo."

"We're not friends, Dad."

"But you're *good*." Nakangising aniya 'tsaka bahagyang tumawa.

"Are you teasing me?" Tanong ko at nagkibit-balikat naman siya. **"Shut up, Dad."**

"Manonood ka ba ng laro niya?"

"Siguro. Wala naman akong gagawin, eh."

"Isama mo 'yong mga kaibigan mo, sabay tayong manood," aniya at nilingon ko naman 'yong puwesto nina Naih at wala na sila ro'n. **"Nasa Canteen daw sina Maxwell, kasama niya si Maxrill. Mauuna na ako dahil paniguradong mapipikon na naman si Maxwell sa makulit na si Maxrill. Kukuha na rin ako nang mauupuan sa court."**

Tinanguan ko lang si Dad 'tsaka ko pinanood ang paglayo niya.

'Tss.'

Hindi ko maintindihan ngunit kapansin pansing napapadalas ang pagbibiro sa 'kin ni Dad. No'ng una ay iyong tungkol sa pananamit at itsura ko ngayon. Ikalawa naman ay itong kay Sensui. Madalas na sa 'kin 'yon dahil hindi niya naman gawain 'yon no'ng kami pa ni Randall. Hindi siya against pero hindi rin siya nagpakita ng suporta.

Muli akong sumulyap sa puwesto nina Sensui, papaalis na ang mga ito kaya tuluyan na rin akong bumaba at naglakad papunta sa Canteen.

Kaliwa't kanan ang bumabati sa 'kin dito at wala akong magawa kung hindi ang ngitian sila at kawayan. Hindi ako nasanay sa ganitong atensiyon kaya naman hindi ko maiwasan ang mahiya. Pakiramdam ko ay ako na ang *Champion* kahit pa kasisimula lang nang inter high. Pakiramdam ko ay ako ang pinakamagaling sa lahat nang players na nandito kahit na ang totoo ay sa linyang ito lang ako may talento.

Abala ako sa pagyayabang sa sarili kaya naman hindi ko napansing makakasalubong ko na pala si Samantha.

"I never expected this, Pein," nakangiting aniya. Batid kong iyong pagkapanalo ko ang tinutukoy niya. Sarkastiko ang tono ng pananalita niya at bakas ang inis. **"Sino nga ba ang makapagsasabing ang dating talunan at tinuturuan ko lang ay makakalaban ko ngayon and worst--matatalo pa ako? Hahaha! Nice game, ang lakas nang *tsamba* mo."**

Hinarap niya ako at halatang nagpapanggap siyang nakangiti sa 'kin dahil sa mga matang nakatuon sa 'min.

'Tss. Diyan ka magaling, sa pagpapakitang-tao, Sam.'

"Hahaha! Funny! Oh, well, mas gugustohin ko nang matalo kaysa masabihan nang *tsamba* sa pagkapanalo ko," dagdag niya pa.

"Bakit ba kasi kinabahan ka?" Sarkastiko ring tugon ko para mapangiti ako. **"Na-*tsambahan* tuloy kita."**

"Ah, yeah, I almost forgot na *mayabang* ka nga pala at hindi na ako dapat na nagsalita pa. Hahahaha!" Bakas ang pang-iinsultong aniya.

'Ako pa talaga ang mayabang?'

"'Wag ka masiyadong magpakasaya dahil ito pa lang ang simula, Pein, you know me."

"Of course, Sam," tumango ako sa kaniya. **"I know you well. In fact, alam ko ngang inis na inis ka na sa 'kin ngayon but you can do nothing,"** payabang din na tugon ko. **"'Wag kang mag-alala dahil hindi ko aalisin sa isip kong *tsamba* lang iyong pagkapanalo ko dahil sa *sobrang galing* mo."**

Humalakhak siya. **"Ikaw ang nagsabi niyan, Pein. I'll see you on the next round maybe?"** Matamis ang ngiting aniya sa mismong mukha ko. **"At pakisabi kay Zarnaih... *good luck, galingan* niya kamo, ha?"**

"Makakarating," pilit na ang ngiting tugon ko.

"Iyon lang, thanks, bye!" Kumaway pang aniya 'tsaka nilampasan ako at kinawayan iyong mga tumatawag naman ng pangalan niya.

'Hindi ko siya puwedeng yabangan nang yabangan dahil alam kong 50/50 sa kaniya si Naih. Tss.'

Hindi ko maiwasan ang mainis dahil matapos niyang matalo ay may taglay pa rin siyang kakaibang yabang sa katawan. Kunsabagay, hindi ko naman siya masisisi dahil magaling talaga siya. Mas madaling magyabang kung may maipagmamayabang ka. Ako man sa sarili ko ay aminadong naka-*tsamba* lang ako gaya nang sinabi niya. Hindi na lang ako nagpahalata pa dahil lalong tataas ang lebel nang kumpiyansa niya at magyayabang nang todo. Sa pagkakakilala ko kay Sam, kapag nauuna ang yabang niya sumusunod na ang galing niya at doon siya nananalo. Wirdo pero iyon ang totoo, minsan na akong naging taga-hanga niya kaya alam ko.

'May kakaibang ugali lang talaga siyang hindi maintindihan. Tss.'

KEV'S POV

INTER HIGH SCHOOL. Sumali ako rito dahil bukod sa talento ko sa basket may mga pangangailangan din akong makukuha rito.

Chicks

Money

Fame

Fans

Academic Incentives

Ang lahat nang 'yan ay inaasahan kong makukuha ko matapos ang inter high na 'to kaya naman sabik na sabik ako sa araw na 'to.

Pero hindi ko inaasahang kung paanong nauna sa listahan ko ang *chicks* ay ganoon din kabilis kong mapapansin ang isang *interesanteng* babae. Dahil sa kaniya ay lalo kong kinasabikan ang inter high na 'to. Parang araw ko nang matapos pa.

Cool

Maangas

Maporma

Astig

Hindi ko maiwasan ang mapangiti dahil kahit pa halos pare-pareho ang deskripsiyon ko sa kaniya ay kusang nagbibigay iyon nang iba't ibang kahulugan sa utak ko.

'Hindi ko siya kilala pero interesado akong makipagkilala sa kaniya.'

Mula pa kanina sa BIS ay napansin ko na siya. Isa siya ro'n sa mga sumasayaw sa opening remarks. Hindi ko inaasahang isa rin siya sa mga

manlalaro nang billiars ng BIS. At ngayon ay heto siya sa harapan ko, naglalakad at nakasimangot.

'Psh. Bakit ba parang ang dami raming sama nang loob nito sa araw na 'to? Isang beses ko pa lang yata siya nakitang ngumiti.'

Mula sa kinatatayuan ko ay dinid ko ang mga papuri nang mga estudyanteng makasalubong niya. Base sa unipormeng suot nang mga ito ay batid kong schoolmates niya sila. Halatang naiilang siya sa kanila at nahihiyang makipag-usap o batiin man lang sila. Sinusubukan niya rin ang umiwas sa mga ito at batid kong dito sa Canteen ang punta niya.

Habang pinagmamasdan ko siya, pakiramdam ko ay nalaman ko na ang ilan sa mga personalidad niya. Tahimik at seryosong tao.

'Cold personality. Nakakachallenge.'

Agad akong tumayo bago pa man siya makapasok sa Canteen at taas-noong sinalubong siya.

"Hi!" Nakangiting bati ko, sinadya kong humarang sa lalakaran niya mismo. **"Ako si Kev Gonza nang Luna University,"** dagdag ko pa 'tsaka inilahad ang kamay ko sa kaniya.

Ngunit ilang segundo na ang pumatak at hindi siya nagsalita. Bahagya akong napahiya.

'Siguro ay nagulat siya dahil ang cute ko.'

"A-Ah, sana ay hindi mo masamain ang pagpapakilala ko," nakangiti pa ring sambit ko.

"Sino ka naman?" Kalmadong tanong niya ngunit sa maangas na dating. Malaki ang boses niya at walang bahid nang kung anomang emosyon ang tono nang pananalita nya.

'Galit ba 'to o wirdo lang?'

Hindi man lang nagbago ang ekspresiyon nang mukha niya at animong walang pakialam sa presensiya ko.

"A-Ah, hahaha! Ako si Kev Gonza," pag-uulit ko. **"Taga-Luna University ako--'yong bagong University riyan makalambas no'ng Mall? Gusto ko lang sanang magpakilala sa 'yo?"** Pero hindi man lang nagbago ang itsura niya.

'Badtrip, ah? Nagpapakilala na nga sa kaniya, ganiyan pa siya?'

Napakamot ako nang ulo no'ng hindi siya magsalita. **"I-I'm Kev Gonza from Luna University,"** pag-i-Ingles ko.

"Eh, ano naman?" Tanong niya at napamaang naman ako.

"A-Ah, hehehe. Gusto ko lang sanang magpakilala sa 'yo?"

"Okay."

"H-Ha?"

"Nagpakilala ka na, hindi ba?"

"H-Ha? O-Oo nga, hehehe. Sabi ko nga ay ako si Kev Gonza--"

"Oo nga, ikaw nga si Kev Gonza na taga-Luna at *gusto* mong magpakilala. Nakapagpakilala ka na, apat na beses pa. Ano pang kailangan mo?"

'Aw? Ganito ba talaga siya?'

Hindi ako nakapagsalita at aaminin kong humanga pa rin ako bagaman bahagya akong kinabahan dahil sa iniasta niya. Hindi ko naisip na ganito kalakas ang loob niya para masabi 'yon nang deretso sa 'kin. Ang isang tipikal na babae para sa 'kin ay mahihiya o maiilang kapag may lalaking nagpapakilala sa kaniya. Pero iba ang isang ito dahil sa nakikita ko ay wala siyang interes sa 'kin.

'Ah... pa-hard to get. Siya ang tipo ko. Hehehe!'

Ngumiti ako. **"Nakilala mo na pala ako, eh, bakit hindi ka pa nagpakilala?"**

"Ang sabi mo ay gusto mong *magpakilala*, wala kang sinabing gusto mong *makipagkilala*. Magkaiba 'yon, alam mo ba?"

'Wow! Ang yabang!'

"A-Ah, hehehe! Pasensiya na. Eh, puwede ka bang *makilala*?"

"Hindi."

"H-Ha? Bakit hindi?" Gulat na tanong ko.

"Ano ba'ng kailangan mo?" Halatang inis tanong niya.

"Masama bang makipagkilala sa 'yo?"

"Masama rin bang *hind* makipagkilala sa 'yo?"

'H-Hala, grabe siya.'

"Tss. Puwede ba, totoy? Umalis ka na sa harap ko dahil wala akong oras makipaglaro sa 'yo," nauubusan nang pasensiyang dagdag niya.

'A-Ano raw? Totoy? Totoy?!'

"A-Anong totoy? Sinong totoy?" Singhal ko at hindi naman siya sumagot. **"A-Ang yabang mo, ah? Nagpapakilala lang sa 'yo--"**

"Nakapagpakilala ka na, hindi ba? Ano pa ba ang sasabihin mo?"

"W-Wala na--"

"Wala na pala, eh, sige na. Hindi ako matandain sa pangalan kaya 'wag ka nang mag-aksaya pa ng oras mo sa 'kin," aniya at akmang lalampasan ako ngunit humabol ako sa kaniya.

"Sandali!" Pigil ko sa kaniya.

Kunot-noong napatingin siya sa kamay kong hindi ko namalayang inihawak ko sa braso niya, tiningala niya pa muna ako bago hinila ang sariling braso.

"Ano bang kailangan mo sa 'kin?" Matapang na tanong niya.

"Puwede ba? 'Wag ka ngang masiyadong maarte? Masuwerte ka nga at naglakas-loob pa akong makipagkilala sa 'yo, eh! Psh! Nakita mo ba iyong mga babaeng 'yon?" Turo ko ro'n sa grupo nang kababaihan na kanina pa sunod nang sunod sa 'kin. **"*Lahat* sila ay gustong makipagkilala sa 'kin,"** pagyayabang ko 'tsaka siya binigyan nang napakatamis na ngiti. **"Pero ikaw ang nakakuha nang atensiyon ko. Masuwerte ka dahil ikaw ang gusto kong kilalanin at hindi sila."**

"Masuwerte ako?" Nakangising tanong niya habang nakaturo sa sarili niya. Buong puso naman akong tumango 'tsaka ngumiti rin sa kaniya. **"Puwes, malas mo dahil hindi ako interesado sa 'yo,"** dagdag niya dahilan upang mapawi ang ngiti sa labi ko. **"Dahil kung gusto kitang makilala, eh, di sana ay sumama na ako sa kanila?"** Isinenyas niya pa iyong mga babaeng itinuro ko.

"Ano?"

"Tss. Sinasayang mo ang oras ko. Alis!" Singhal niya 'tsaka nilampasan ako.

Napapamaang na sinundan ko siya nang tingin hanggang sa makapasok siya nang tuluyan sa Canteen. Bahagya pa akong pumasok para makita kung saan ang punta niya.

'Mayabang ka, ah? Ha! Pero iyan mismo ang gusto ko sa babae. Hindi east to get. Yari ka talaga sa 'kin, maaakit din kita.'

Natigilan ako noong lumapit siya sa dalawang lalaki, isang matangkad at isang kasing liit ko.

'Sino naman ang mga 'yon?'

Kinausap siya nang mga ito habang natatawa ngunit wala pa ring nagbago sa ekspresiyon nang mukha niya. Nanatili iyong blangko bagaman naka-akbay na sa kaniya 'yong maliit na lalaki at tinatapik-tapik pa ang balikat niya.

"Hoy, Kev!" Nangibabaw ang tinig ni Jermayne Orquiza, kaibigan ko at team mate.

"Oh?" Baling ko rito.

"Anong ginagawa mo pa riyan? Kumpleto na 'yong team natin doon, ikaw na lang ang kulang."

"Psh! Sinundan ko kasi 'yong babaeng sinasabi ko sa 'yo kanina, eh," nakangusong tugon ko.

"Iyong chubby?" Natatawa pang tanong niya at ngumiti naman ako. **"Haha! Oh, ano? Kinausap ka ba?"** Tanong niya pa pero hindi agad ako nakasagot. Liningon ko muna uli 'yong babae at saka muling bumaling sa kaniya.

"Oo, kinausap ako, p're."

"Astig! Ano? Nalaman mo ba 'yong pangalan niya, ha? Nagpakilala ba?"

"H-Hindi, eh."

"Ha? Ang hina mo naman, p're?"

"Psh! Tae, ang sungit, eh!" Inis na kuwento ko. **"Wala raw siyang interes sa 'kin!"**

"Hahahaha! Ano?"

"Oo! Psh! Sa dami nang babaeng nilapitan ko ay siya pa lang ang nagpakita nang kawalang interes sa 'kin!" Muli kong nilingon ang babaeng 'yon. **"Mayabang siya at maangas kung magsalita. Nagpapakumbaba ka na't lahat, aangasan ka pa,"** nakangising dagdag ko. **"Hindi magtatagal at mahuhulog ka rin sa mga kamay ko--"**

"Sus! Ni hindi mo nga nalaman ang pangalan, eh! Hahaha!"

"A-Alam ko ang pangalan niya!"

"Paano mo nalaman, eh, hindi naman kamo nagpakilala sa 'yo?"

"K-Kanina kasi ay narinig kong isinisigaw no'ng mga nanonood ang pangalan niya. Pein. Maxpein. Max. Taguro--"

"Taguro?"

"Oo, Taguro, hindi mo ba narinig?" Tanong ko pa at ngumiwi naman siya. **"Hindi ko alam ang pangalan niya pero nasisiguro kong isa sa mga iyon 'yon!**

"Wala ka pa rin, p're! Hindi mo pa rin sigurado ang pangalan, hahaha," pang-aasar niya pa. **"Weak ka, p're! Weak!"**

"Psh! 'Wag kang magsalita nang tapos, p're, sinasabi ko sa 'yo, hindi matatapos ang araw na ito nang hindi ko siya nakikilala!"

"Hindi na ako makikipagtalo sa 'yo, Kev, dahil kilalang kilala na kita. Hahaha! Tara na, magsisimula na tayo. Kanina pa tayo

hinahanap ni Coach, eh," anyaya niya pa. Nilingon ko naman muna 'yong babae bago tuluyang nagpatianod sa kaniya.

Agad na nangibabaw ang sigawan nang mga babae no'ng makapasok kami sa gym.

"WOOOH! ANG GUGUWAPO!"

"HINDI KO AKALAING GANITO KAGUGUWAPO ANG PLAYERS NANG LU!"

"WE LOVE YOU, LUNA!"

"GO, LUNA!"

Nakangiti akong kumaway sa mga babaeng 'yon at nagtilian naman sila habang naglalakad kami ni Jermayne. Hindi ko kilala ang karamihan sa mga ito dahil iilan lang sa kanila ang schoolmates ko.

"MY GOD, KINAWAYAN TAYO NI KEV!"

"WE LOVE YOU, KEV GONZA!"

"MARRY ME, KEV GONZA!"

'Hindi na, uy, may nakita na akong makakabuo sa durog kong puso. Hehehe!'

"Saan ba kayo nanggaling, Kev?" Inis na tanong ni Coach.

Nagbaba naman ako ng tingin. **"Pasensiya, Coach, hindi ko naiwasan 'yong mga chicks kanina, eh. Hinarang ako,"** nakangising pagsisinungaling ko.

"Pulos pambababae iyang inaatupag mo! Nandito tayo para maglaro at hindi para maghanap ng babae! Maupo na kayo!"

"Pasensiya na, Coach." Muling tugon ko 'tsaka naupo.

"Hinarang pala, ah? Ulol," ngingisi-ngising bulong ni Jermayne.

"Pasikat lang, hahaha," bulong ko rin.

"Oh, makinig kayo sa 'kin, team. Ito ang unang beses na nakasali tayo sa inter high school sa buong Laguna," matapang na ani Coach at mataman naman kaming nakinig sa kaniya. **"At BIS agad ang makakalaban natin sa unang araw, unang laro at unang pagkakataong makasali tayo rito bilang Luna University. Malaking karangalan 'yon."**

"BIS 'yong nanalo kanina sa billiards laban sa SIS, 'di ba? Sila 'yong matunog kanina," ani Jermayne, napangiti naman ako.

"Oo, Orquiza," tugon ni Coach. **"Sila ang defending Champion--overall!"** Dagdag niya dahilan upang mapamaang muli kami. **"Dinig ko ay mahuhusay silang maglaro, determinadong manalo at mas**

determinadong makuhang muli ang kampyonato. Pero magpapatalo ba tayo?"

"HINDI, COACH!"

"Magaling! Hindi tayo magpapatalo--hinding hindi tayo magpapatalo. Kailangan nating maging mahusay sa paglalaro!"

"YES, COACH!"

"KYAAAAAAAAAA!"

"WAAAAAAAAAA!"

"OH MY GOD! 'AYAN NA SILA!"

"YAAAAAAAAAAA!"

Napalingon ang buong team namin no'ng biglang umingay ang buong gym. Nagtilian nang matindi ang mga babae habang nagkakalampagan sa bleachers ang mga paa nito. Lahat ng posibleng gumawa nang ingay ay bigay na bigay nilang ginawa.

Natanaw naming pumasok isang team ng basketball players at naglakad papalapit sa 'min.

'Sila siguro ang team ng BIS.'

Hindi ko nagawang alisin ang paningin ko sa kanila at gayon na rin ang mga team mates ko. Nauunang maglakad ang Coach nila, nakangiti naman itong sinalubong nang Coach namin 'tsaka sila nagkamay.

Mas umugong ang malakas na tilian nang mga babae no'ng sabay sabay kaming tumayo ng team ko.

"WAAAAAAAAAAA!"

"LET'S GO, BIS!"

"GO, GO, GO, BIS!"

"WE LOVE YOU, BIS!"

"GOZON--COURT HEARTHROB!"

"YANAI THE FLASH!"

"WAAAA! ENRILE--THE MVP!"

'Hay, grabe! Ang iingay! Psh!'

Nilingon ko 'yong tatlong nasa unahan ng BIS team, iyong pinakamaliit sa kanilang tatlo walang-humpay sa pagkaway sa mga babae. Habang iyong dalawa naman ay nakatuon ang paningin sa dalawang Coach na nag-uusap.

"Putsa, p're, tingnan mo 'yong mga sapatos nila. Ang astig!" Namamanghang bulong sa 'kin ni Jermaybe kaya tumingin naman ako sa paanan ng mga ito.

Lahat sila ay pare-pareho nang sapatos at mukhang sukat lang ang nagkaiba. Branded ang mga iyon at talagang mamahalin tingnan. Pasimple naman akong sumulyap sa mga suot naming class A na sapatos. Kahit pa mumurahin ang mga 'yon ay tulong tulong namin iyong pinag-ipunan.

'Mga bigtime.'

"May mga alalay pa ang mga loko, oh?" Muling bulong ni Jermayne na inginuso iyong ilang mga estudyanteng may bitbit na water jug, energy drinks, towels, shirts at jacket.

'Ang aarte! Psh!'

Napakarami nilang dala samantalang kami ay wala maski isa. May mga bitbit din na banderitas iyong mga babaeng cheerers.

"Hanep sa dami nang support gear, p're," bulong muli ni Jermayne at nilingon ko naman 'yong mga suot nilang kneepads, writband at headband na Nike pa ang tatak.

"Wala sa gamit 'yan, p're," bulong ko rin. **"Nasa performance 'yan. Kompleto ka nga sa gamit, kung weak naman? Anong mapapala nila? Hahaha!"** Payabang na sagot ko.

"May point ka pero mahirap magyabang, Kev. Si Coach na rin ang nagsabing sila ang defending Champion at dinig ko pa ay ito na rin daw ang last term nila bilang BIS players dahil lahat sila ay mga Senior students."

"Oh? Gaya lang din pala natin."

"Oo, gaya nating determinadong manalo," makahulugang aniya pa.

"Psh! Lamang tayo sa determinasyon, p're, dahil ito ang una't huling beses na makakapaglaro tayo rito sa inter high na 'to. Kaya naman hindi tayo puwedeng matalo," nakangiti ngunit seryosong tugon ko.

No'ng eksaktong lingunin ko ang mga ito ay nakatingin na sa 'kin 'yong pinakamatangkad sa tatlo. Salubong ang parehong kilay niya at may kasamaan ang tingin niya. Ngunit hindi rin nagtagal ay niyaya na sila no'ng Coach at naglakad papunta sa kabilang parte nang court.

Muling nangibabaw ang tilian nang mga babae at maingay nilang padyak sa bleachers. Alinman sa mga BIS players na mga ito ay hindi man lang tumugon sa mga papuri nang mga iyon.

"May problema ba, Coach?" Dinig kong tanong ni Jermayne dahilan upang mapalingon ako sa kanila.

"Hindi raw maaaring walang kneedpads," malungkot na ani Coach.

"ANO?" Gulat naming tanong.

Bumuntong-hininga si Coach. **"Bawal nga raw ang walang kneepads at iyon daw ang sabi no'ng committe at no'ng referee. Kinausap ako no'ng Coach ng BIS."**

"Paano 'yan, Coach?" Tanong muli ni Jermayne.

Umiling si Coach. **"Hindi ko alam, Orquiza."**

"Eh, anong mangyayari sa 'tin ngayon niyan, Coach?" Sabad ko. **"Kung hindi puwedeng walang kneepads, sana ay sinabi nila no'ng umpisa pa lang, eh, di sana ay nakapagsolicit tayo nang para ro'n?"**

"Iyon nga ang sinabi ko ro'n sa Coach no'ng kabila."

"Malaking problema ito."

"Coach," lumapit sa 'min ang isa sa mga referee. Tumayo naman si Coach upang makipagkamay rito.

"Coach Es ng LU," pakilala niya pa. **"May maliit kaming problema rito. Ang sabi sa 'kin no'ng BIS Coach ay hindi raw maaaring walang kneepad?"**

"Wala bang nakapagsabi sa inyo na kailangang kompleto ang support gear ng players ninyo?"

"Wala. Kung mayroon man ay nakapagprovide sana kami."

"Paumanhin pero hindi na namin hawak ang tungkol diyan."

"Hindi puwede ang ganoon, ref, ano na lamang ang mangyayari sa 'min ng team ko?"

"Dapat ay nakatanggap kayo ng sulat patungkol doon, Coach. Nagpapadala ng notice ang sports committee tungkol sa rules and regulations sa event na ito. Kataka-takang hindi kayo nakatanggap niyon?"

"Wala kaming natanggap na ganiyan," sabad ko. **"Ang daya naman?"**

"Excuse me?" Nangibabaw ang hindi pamilyar na tinig mula sa likuran namin at sabay sabay naman naming nilingon 'yon. **"Heto na lang muna ang gamitin ninyo, Coach,"** dagdag pa nito habang iniaabot ang ilang kneepads kay Coach. **"Sobra 'yan sa mga gamit namin at ang lahat naman ay meron na."**

"Hindi na!" Singhal ko at natigilan naman siya't nilingon ako. **"Walang nakapagsabi sa 'min na kailangan pa palang magsuot ng ganiyan, eh, di sana ay nakapaghanda kami?"**

"Kev..." Pabulong na awat sa 'kin ni Coach.

"Hindi na namin problema 'yon," seryoso ngunit may bahid nang kayabangang tugon niya.

"Ano kamo?" Hamon ko.

"It's no longer our problem if you're unable to provide you own sport gears. Nandito ako para lang iabot ang mga ito."

"Mayabang ka, ah?"

"Kev!" Saway muli sa 'kin ni Coach dahilan upang matigilan ako. **"Thank you,"** walang bahid nang alinlangang baling niya rito.

"You're welcome, Coach."

"Ako si Coach Es ng LU."

"I'm Deib Lohr Enrile of BIS, Coach."

'Kung ganon, siya 'yong Enrile na isinisigaw no'ng mga babae? Psh!'

"Ayos lang ba sa inyong hiramin namin ang mga ito?"

"Yes, Coach, ipinabibigay ni Coach ang mga 'yan."

"Salamat. Pakisabi sa Coach ninyong maraming salamat."

"Makakarating sa kaniya, Coach."

"Isasauli na lamang namin matapos ang laro."

"Hindi na kailangan, Coach," tanggi ni Enrile.

"Hindi namin kailangan 'yan kaya naman isasauli namin matapos ang game na ito," muling sabad ko at nilingon niya naman ako. **"Bibili kami bukas na bukas para maisauli naman agad 'yan sa inyo."**

"Okay. If that's your choice," payabang na tugon nito 'tsaka tinanguan si Coach at tinalikuran kami. Kumikinang pa ang *ENRILE* na maingat ang pagkakasulsi sa likuran ng jersey nito.

"Ano ka ba, Gonza?" Halatang inis na baling sa 'kin ni Coach. Hindi ko siya sinagot at nag-iwas lang ako ng tingin. **"Mabuti nga at pinahirap pa tayo, dahil kung hindi ay maaaring hindi tayo makapaglaro."**

"Psh! Badtrip naman kasi 'tong sportsfest na 'to, napakaraming arte."

"Wala tayong magagawa dahil baguhan lang tayo rito, kailangan nating sumunod sa patakaran nila."

"Bulok ang patakaran nila!"

"Ehem," tumikhim ang referee na hindi ko man lang namalayang nandito pa pala. **"Magsisimula na tayo sa loob nang sampung minuto. Maghanda na kayo,"** seryosong aniya pa 'tsaka lumayo.

'Buraot!'

"Kev, huminahon ka," ani Coach. **"Kailangan nating makisama sa kanila, naiintindihan mo? Nakalimutan mo na kung ilang beses tayong pinagbigay ng BIS at ibang schools? Nagpalit ang BIS ng uniporme para lang makapagprovide tayo nang unipormeng pasok sa budget natin ang kulay at iba sa nakararami ngunit hindi inaasahang makapareho nang kanila."**

"Oo nga, Coach, pero hindi mo ba napapansin? Iniipit nila tayo at ginigipit! No'ng una ay tungkol sa pagpapalipat ng Luna para maging University, hindi ba't BIS at SIS ang unang nanguwestiyon niyon? Bakit daw gagawing unibersidad ang Luna samantalang napakarami nating bagsak sa performance at hindi tayo kwalipikado sa mga requirements. Ikalawa ay 'yong pagpapadala ng BIS ng sulat tungkol sa mga nanggugulong estudyante ng Luna sa mga estudyante nila na hindi naman nila napatunayan kung sino. Ikatlo ay 'yong sa uniporme at ikaapat na ito! Talagang gumagawa sila nang paraan para ma-disqualify tayo! Psh!" Singhal ko at napabuntong-hininga naman si Coach 'tsaka humawak sa balikat ko.

"Sa ngayon ay kumalma ka na lang muna, Kev. Kaya nga tayo nag-ensayo nang todo ay para makapaglaro ng maganda ngayon, hindi ba? Wala tayong ibang puwedeng maging ganti sa kanilang lahat kung hindi iyong makuha ang kampyonato--"

"Psh! Paano pa tayo magiging Champion? Nakita niyo ba 'yong billirds kanina? Ang gagaling ng players nila, wala naman tayong ganoon kagaling na manlalaro sa larangang 'yon, Coach!"

"Pero hindi sa basketball," aniya at natigilan naman ako. **"Naniniwala akong mas magagaling kayong magbasketball kumpara sa kaniya, kaya sige na."**

"Oo nga naman, Kev," nakangiting sabad ni Jermayne. **"Tulad nga no'ng sinabi mo, aanhin mo ang kumpletong support gear kung weak naman sa basket? Hahaha! Kalma lang, p're, makakalamang din tayo."**

"Tama siya, hindi bale nang salat tayo sa kagamitan, Gonza, ang mahalaga ay mahusay tayo sa laro," ani Coach.

Gusto ko pa ring magalit pero naiintindihan ko ang punto nila at sa tingin ko ay tama sila. Hindi dapat ako nagpapadala sa mga naiisip at napapansin ko. Mas kailangan kong magpokus sa laro at kailangan kong huminahon para manalo kami.

"Iyong lumapit sa 'tin na 'yon ang siyang MVP ng team nila at nang buong BIS sa loob ng tatlong taon. Deib Lohr Enrile. At hindi raw malabong *siya* muli ang hiranging MVP sa taong ito. Sa madaling salita, Gonza, *siya* ang makakabangga mo," mahabang paliwanag ni Coach at mataman naman kaming nakinig sa kaniya.

'Tsaka ko nilingon si Enrile. **"Ang lakas naman ng loob niyang isipin na *siya* pa rin ang magiging MVP sa taon na 'to?"** Inis na tanong ko habang nasa kaniya pa rin ang paningin.

"Kaya nga sinasabi ko sa 'yo na gawin mo ang lahat upang maagaw ang titulo niya."

"Psh! Hindi ko na kailangang mang-agaw, Coach, dahil kusang mapupunta sa 'kin ang titulong 'yon," mahina ngunit may kompiyansang tugon ko.

"Ganiyan nga, Gonza, ganiyan nga."

Hindi sa pagmamayabang ngunit *AKO* ang itinuturing na pambato nitong team ko.

'Humanda ka sa 'kin, Enrile, dahil hindi kita lulubayan. At ikaw naman, billiard girl, mapapasa akin ka rin. Psh.'

DEIB'S POV

'Badtrip! Wala siyang ginawa kung hindi ang barahin ako tapos kung makipag-usap siya ro'n sa punggok na 'yon ay parang nag-e-enjoy pa siya? Peste ka talaga, Taguro!'

Hindi ko makakalimutan ang mukha no'ng punggok na 'yon na enjoy na enjoy habang kausap si Taguro kanina sa harap ng Canteen.

'At talagang mas pinili mo pa ang makipag-usap sa kaniya kaysa kausapin 'yong grupo no'ng mga estudyanteng lumalapit sa 'yo para batiin ka? Tch! Abnormal ka talaga kahit kailan!'

Pumangit talaga ang mood ko nang dahil doon. Idagdag mo pa ang walang tigil na pang-aasar sa 'kin ni Tob. Para akong kinikilabutan sa t'wing maaalala ko kung paano akong napahiya kanina. At kapag sumagi sa isip ko 'yong sinabi ni Taguro na namumula ako ay nagngingitngit ang kalooban ko.

'Bakit naman kasi hindi ko napansing may pagkakahawig sila no'ng una pa lang?'

"Hoy, nakanguso ka na naman diyan!" Muling sumingit si Tob sa gitna nang pagmumu-muni ko. Sinimangutan ko naman siya. **"Hahaha!**

Loko ka, ah? Kaya ka pala umalis doon sa puwesto natin kanina dahil mas gusto mong makasama 'yong magiging manugang mo, ah?"

"Tch! Manahimik ka nga? Hindi ko nga alam na tatay niya 'yon! At saka a-anong manugang?"

"Wushoo! Hahaha! Mapagpanggap ka talaga, Enrile," natatawang aniya. **"Kung may salamin lang ako, eh, ihaharap ko 'yon sa mukha mo habang nagsasalita ka para makita mo 'yong sarili mong itsura! Daig mo pa ang babae kung kiligin, dre, halatang halata ka!"**

"A-Anong halata na naman?"

"Dre, ito... seryosong usapan--"

"Ulol! Kailan ka pa nagseryosong buwisit ka?"

"Hahaha! Ngayon lang sana, eh, kaso kumontra ka agad! Napakadefensive mo! Come on, dre, you can't lie to me! I'm your bestfriend for years and I know you too well! I can read your gestures, reactions, expressions, etcetera, etcetera!

"Etcetera--mukha mo! Tch!"

"Hahaha! Oo nga, dre! Obvious ka kasi!"

"Manahimik ka dahil hindi gano'n 'yon! Kung nahahalata na ako ni Taguro, eh, bakit hindi niya pa ako kinukompronta? Sa ugali at yabang no'n? Paniguradong ipagmamalaki niya sa buong BIS na isang Deib Lohr Enrile ang nagkagusto sa kaniya. At saka, ano bang kinalaman niyang mga pinagsasasabi mo ro'n kay More? Si More ang topic dito--kaya 'wag mong isali si Taguro. Tch!"

"Psh! Hahaha! Sshhk! 'Wag ka ngang magpanggap na ayaw mong pag-usapan si Taguro, dre? Teka nga, bakit nga ba kasama mo 'yong si More? Hahaha! Umalis ka sa 'min para makasama siyang manood kay Taguro? At inaasahan mo pang hindi ka mahahalata niyan, ah? Haha! Pasalamat ka't hindi ko isinama si Lee no'ng sunduin kita ro'n dahil kung hindi, malamang pati 'yon ay pinaghihinalaan ka na ngayon!"

"Tch! Eh, hindi ko nga kasi alam na Daddy niya 'yon!"

"Ows?"

"Oo nga!"

"Ang tanga mo naman, dre?" Aniya pa at inis naman akong nilingon siya. Nagpigil siya ng tawa habang nakaturo pa sa 'kin.

"A-Anong tanga? Anong tanga, ha?" Singhal ko habang kinukuha ang ulo niya para batukan siya.

"Ano ba? Biro lang, eh!" Natatawang pagsuko niya.

"Sira-ulo ka! Tch!"

"Bakit kasi hindi mo nahalata? Eh, kung titingnan mo 'yon si More, lagyan mo lang ng buhok 'yon--Maxpein na Maxpein na! Psh! Sabi naman kasi sa 'yo, silang pareho ang tingnan mo! 'Wag 'yong si Taguro lang! Nyahahaha!"

"Isa pa, Tob, babatukan na talaga kita!" Banta ko sa kaniya. **"Tch! Siya ang unang kumausap sa 'kin habang nanonood ako. No'ng una ko pa nga siyang makita ay napaisip ako dahil pamilyar siya sa 'kin. Sigurado akong nakita ko na 'yon si More minsan, hindi ko lang talaga matandaan kung kailan."**

"Putsa, dre, *destiny* na 'yan!"

"A-Anong destiny? Kami ni Taguro? Destiny? YAK!"

"Ulol! Wala akong sinabing *kayo* ni Taguro--'wag kang assuming, dre!"

"Oh, eh, ano? Kami ni More ang destiny? Ulol ka rin!"

"Kuha mo, dre! Wahahahahaha!"

Nag-iinit ang ulo ko sa sobrang lakas mang-asar ni Tob. Ang lakas niyang mangbaliktad!

"Mukha mo! 'Yang mga kabadingan mo nga ay 'wag mong ipasa sa 'kin?"

"Biro lang! Sshhk! Pero bakit naman hindi, 'di ba? Kung sa tingin mo ay nakita mo na si More noon, at ngayon naman ay kinausap ka niya. Hindi nga kaya *destiny* kayo ni Taguro? Hehehe! Kasi putsa, dre, 'yong *basbas* na mismo ang kusang lumalapit sa 'yo!"

"A-Anong basbas?"

"Basbas nang magulang, ugok!"

"A-Ano na namang gusto mong palabasin kung ganon?"

"Hahaha! Na boto sa 'yo 'yong Daddy ni Max! Ang hina mo naman! Hindi ka puwedeng maging abogado! Suspek ka lang, dre, suspek!"

Hindi agad ako nakasagot kay Tob, napaisip ako bigla at aaminin kong natuwa ako sa sinabi niya. Panandalian akong napaisip at inalaala 'yong mga napag-usapan namin ni More at gayon na rin ang asaran namin ni Taguro.

"Naaaay! Nakakadiri 'to, eh! Bakit may pangiti-ngiti ka pa?" Pang-aasar na naman ni Tob dahilan upang matinag ako't nakangusong mapatingin sa kaniya. **"Nako, Enrile, tsk tsk tsk. *Iiwas* pala, ah? *Hindi* pala sigurado sa nararamdaman, ah? Ulol! Sinong niloko mo? Anong**

akala mo sa 'kin, hindi pa nai-in love?" Psh! Kung si Lee ay mapagtataguan mo, ibahain mo ko! Hinding hindi mo ko maiisahan! In love ka na kay Taguro, dre, at kapag itinanggi mo pa 'yan ngayon--putsa, member ka nang Spice Girls!"

Napamaang ako. **"W-Wala ka talagang kuwentang kausap!"** Singhal ko't nilayasan siya!

"Sinabi ko na nga ba, dre, bading ka, eh! Putsa no'ng una ay si Britney Spears--ngayon naman ay Spice Girls! Naaaay! Hoy, Enrile! Hintayin mo ko!"

'Badtrip!'

Muling nangibabaw ang tilian ng mga babae, pakiramdam ko ay sandali naming nasolo ni Tob ang buong court habang nag-uusap kami. Sa dami ng sumisigaw ay halos maiyuko ko ang ulo ko, naninibago ako sa pakiramdam. Mas maraming tao ang nandito ngayon at alam kong mas marami nang nakakakilala sa 'kin.

Muli kong nilingon 'yong punggok na taga-Luna at mukhang manghang mangha siya at ang mga kasama niya ro'n sa kneepads na iniabot ko. Sinulyapan ko ang team mates ko at ang karamihan ay abala sa pagpapa-cute sa mga babae, at ang ilan ay nagtetext. Kalmadong kalmado, prenteng prente.

'Hindi kaya isa sa ro'n sa mga gangster ng LU at kaya siya nandito ay para kausapin ang pinuno nilang si Taguro? Tch! Badtrip ka, ah? Sa dami ng magagandang babae dito, bakit si Taguro pa? Punggok!'

"May karapatan silang magreklamo, 'di ba, Coach?" Dinig kong ani Ivan, nilingon ko naman ang mga ito. **"Bakit hindi nila subukang lumapit sa committee para masabi nila 'yong kaso nila? Hindi naman puwede 'yong ganon, hindi 'yon patas sa LU,"** dagdag niya pa.

'Tch! Ganito ang team ng BIS, hindi mayayabang na gaya mong punggok ka!'

"Oo ng naman, Coach," sang-ayos naman ni Lee. **"Hindi naman pupunta ang mga 'yon dito nang walang kneepads kung alam nilang kailangan 'yon."**

"Tch! Eh, bakit ba apektado kayo?" Sabad ko. **"Pinahiram na nga natin sila, 'di ba? Problema na nila 'yon at labas tayo ro'n."**

"Enrile!"

"S-Sorry, Coach."

"Kalaban natin sila pero sa larong ito lang, naiintindihan mo?"

"Tch! Pero hindi pa rin ibig sabihin no'n ay kaaawaan na natin sila, Coach!"

"Hindi naman natin sila kailangan kaawaan, ano ba ang nangyayari sa 'yo?"

'Tch! Dahil naiinis ako ro'n sa punggok na 'yon! Sa tingin ko ay hindi niya kailangan ang awa ko! Tch!'

"Sorry, Coach," napapahiyang tugon ko. **"Masuwerte nga sila at ako pa mismo ang nag-abot ng kneepads sa kanila. Tch. Paano kung 'yong kneepads pa na 'yon ang makapagpanalo sa kanila?"**

"Sino naman ang may sabi sa 'yong hahayaan natin silang manalo, Enrile?" Naiinis nang aniya kaya ngumuso na lang ako. **"Wala sa kneepads 'yon, okay? 'Wag mo sabihin sa 'king natatakot ka sa LU?"**

"Ano? Tch! Sinong matatakot do'n sa mga 'yon, Coach? Matatangkad ang karamihan sa kanila pero hindi ibig sabihin niyon ay magaling na sila. Labag lang talaga sa loob kong ipahiram sa kaniya 'yong gamit natin."

"Hindi man natin problema 'yong kakulangan nila sa gamit--ang punto ko, ano'ng mangyayari sa 'tin kung madidisqualify sila? Hindi rin tayo makakapaglaro at mamomove ang schedule natin--mababago ang buong schedule! Problema nang lahat 'yon!"

'Tch! Tapos kung makapagsalita sa 'kin 'yong punggok na 'yon kanina akala mo makakapagdunk siya? Tch! Mababawian din kitang buwisit ka sa ginawa mong pakikipag-usap kay Taguro kanina, masiyado kang pa-cute! Peste!'

"Iyong pinakamaliit sa kanila, 'yon ang pinakamagaling," dagdag ni Coach dahilan upang matinag ako.

'Tch! 'Yong liit no'n? Pinakamagaling? Ha! At talagang Kev Gonza pa ang pinili niyang pangalan? Ang bantot at walang dating! Halatang pangmahirap! Tch! Deib Lohr Enrile, pangmayaman. Hahahahahaha!'

Dumaldal pa ng dumaldal si Coach at wala akong inintindi alinman sa mga 'yon, nabubuwisit pa rin ako sa Gonza na 'yon ngunit hindi ako nangangamba baka makaapekto 'yon sa paglalaro ko. Ibig dahilan ang nakapagpapakaba sa 'kin na maaaring makaapekto sa paglalaro ko.

'Badtrip naman kasi! Bakit kailangan ko pang makitang magkausap sila? Tch! Bakit ba pakiramdam ko ay hindi mo ako papanoorin, Taguro? Tsk.'

Meron sa loob kong nagpapalakas sa pakiramdam kong hindi niya ako pag-aaksayang panoorin. Parang may nagsasabi sa 'king imbes na panoorin

ako ni Taguro ay uuwi na lang siya para matulog.

'Sana manood ka, para gumanda ganda naman ang laro ko. Makita lang kita sa audience, okay na ako, Taguro. Hehehe!'

Napalingon ako sa mga BIS students na nasa likuran namin pero hindi ko siya nakita.

'Paano kung hindi siya manood? Tsk. Hindi ko alam. Hindi ko talaga alam.'

"Hoy!"

"A-Ano ba?!" Singhal ko na naman kay Tob matapos niya akong tapikin nang malakas.

"Putsa, ano bang nangyayari sa 'yo, dre? Okay ka lang ba? Hindi ba maganda ang pakiramdam mo?"

"Umalis ka nga! Wala ako sa mood."

"Hala! Bakit naman ngayon pa?"

"Tch! Anong magagawa ko, eh, sa ngayon umatake?" Inis na sagot ko. Tumayo siya nang ayos at pinamawayngan ako.

"Halika nga muna," anyaya niya.

"Ano na naman?"

"Mag-uusap tayo," seryosong aniya 'tsaka bahagya akong inilayo sa team lalo na kay Lee. **"Ano bang nangyayari? Imposibleng hindi mo alam kung bakit ka nagkakaganiyan, dre. May kinalaman ba 'yong Kev Gonza na 'yon sa nangyayari sa 'yo? Sabihin mo sa 'kin."**

"Wala, ah!"

"Eh, bakit parang meron? Psh! Alam mo, dre, hindi ka dapat nagpapaapekto sa paligid mo ngayon, ano ka ba? Unang laro natin 'to, dre, ngayon ka pa nawala sa mood kung kailan huling taon na natin."

"Tch! 'Wag ka ngang OA, Tob? Hindi maaapektuhan ng mood ko ang tira ko--"

"Ulol! Ano'ng akala mo sa sarili mo? Si Jordan? Hoy, magaling ka lang pero hindi ka si Jordan!"

"Tch! Kamukha mo naman si Jordan!"

"Hmmm. Sa tingin ko ay alam ko na kung *sino* ang makapagpapaganda ng mood mo," nanunukso ang tinging aniya.

"T-Tch! Wala, ah! 'Wag kang--"

"Bwahahahaha! Manghuhula ako o sasabihin mo sa 'kin kung tama ako? Ready ka na ba?"

"Manahimik ka na, Tob!"

"Prangkahan na lang, dre, ano?"

"Manahimik ka na, ah? Magagalit na ako!"

"Hahahaha! Siguro, tama ako, 'no? Tama 'yung iniisip ko, 'no?"

"Huh?" Maang-maangang tugon ko.

"Naaaay! Sshhk!" Luminga siya sa kabuuan ng court na animong may hinahanap 'tsaka muling tumingin sa 'kin. **"Don't lose hope, dre. Malay mo, manood siya?"**

"ENRILE! YANAI!" Nangibabaw ang tinig ni Coach. **"Let's go!"**

"At ito lang ang masasabi ko sa 'yo, dre, pakiramdaman mo ang sarili mo," nakangiting bulong pa ni Tob habang papalapit kami uli kina Coach. **"Kapag dumating siya at gumanda ang mood mo, doon mo masasagot ang sarili mo. Gusto mo ba siya o *mahal* mo na siya?"**

"A-Anong--"

"Sshh..." Pagpapatahimik niya sa 'kin. **"Pakiramdaman mo ang sarili mo, dre, dahil ikaw lang ang makapagsasabi niyan sa sarili mo."**

"Tch! Hindi mangyayari 'yon, Tob, okay? Anong mahal mahal? Puwede ba? Kasalukyan ko pa lang inaalam kung *gusto* ko nga ba siya o hindi, walang kinalaman ang pagmamahal do'n!"

"Hindi ako bobo, dre, mas lalong hindi ako manhid. Alam mo sa sarili mong gusto mo siya, nasa denial stage ka lang talaga."

"ENRILE! YANAI! ANO BA?!" Sigaw muli ni Coach dahilan upang magmadali kami papalapit dito.

Pumito ang ilang referees at naghiyawan ang audience.

"Good morning, everyone!" Bati nang announcer dahilan upang mas umingay ang buong gym. **"I'm here to welcome each and everyone of you. And of course to open the basketball game between LU and BIS!"**

"WAAAAAAAA!"

"GO, GO, BIS!"

"LET'S GO, LUNA!"

"Alright! Mukhang napakaraming fans nang dalawang school na 'to, ah?" Namamanghang dagdag pa nang announcer. **"Hindi na kailangang patagalin pa--let's start the game!"**

Muling pumito ang referee at nag-ingay ang buzzer. Ang mga banda sa kaliwa't kanan ng gym ay naging mas maingay pa.

"BIS! BIS! BIS! BIS! BIS! BIS! BIS! BIS! BIS! BIS! BIS! BIS! BIS! BIS! BIS! BIS! BIS! BIS!" Paulit-ulit na sigawan pa nang mga ito.

"LUNA! LUNA! LUNA! LUNA! LUNA! LUNA! LUNA! LUNA! LUNA! LUNA! LUNA! LUNA! LUNA!" Na sinundan naman ng pagsigaw no'ng kabila.

"Okay, team, on three," ani Coach. Sabay sabay kaming nagpatong nang kamay sa kamay niya. **"LET'S GO, BIS!"** Sabay sabay rin namin sigaw.

"KYAAAAAAAAH!"

"ENRILE!!!"

"YANAI!"

"GOZON!"

"WAAAAAAAAH!"

LINE UP: ***Brint International School***

Point Guard - **Deib Lohr Enrile #1**

Shooting Guard - **Lee Roi Gozon #23**

Center - **Yakiro Tobi Yanai #8**

Power Forward - Chris Ibañez #10

Small Forward - Remson Guinto #5

LINE UP: ***Luna University.***

Point Guard - **Kev Gonza #11**

Shooting Guard - **Jermayne Orquiza #10**

Center - Michael Guinto #9

Power Forward - Jamby Pineda #12

Small Forward - Mu Long #3

Humilera ang lahat nang players sa magkabilang dulo nang court at sabay sabay na naglakad pasalubong 'tsaka nagkamay. Eksakto namang pareho kaming nasa dulo ni punggok kaya madaling salita ay kaming dalawa ang huling nagkamay.

"The duration of the game consists of four quarters of 10 minutes each, with a 15-minute break at half-time! There are also two-minute intervals between the first and second periods, and between the third and fourth periods! If the game is tied after the fourth period, it continues with an extra period of five minutes, then as many five-minute periods as are necessary to break the tie. Is that clear?" Malakas na turan no'ng isa sa tatlong referee na pumagitna sa sampung manlalaro sa loob nang court.

Ngunit hindi ko na nagawang pakinggan pa 'yon at sagoti dahil nanatili kaming nakatingin sa isa't isa ni Gonza. Ngayon pa lang ay gusto ko nang

mahawakan ang bola at ipalunok 'yon sa kaniya.

'Baka sakaling dumagdag 'yon sa timbang at height mo. Tch! Anong itinitingin tingin mo sa 'kin? 'Wag mo sabihing pati ikaw ay namamangha sa kaguwapuhan ko? YAK!'

"Alright, jump ball! On three! Position!" Sigaw pa no'ng isang referee at saka kami bahagyang lumayo, naiwan sa gitna sina Lee at 'yong Orquiza ng LU.

~PRRIIIIITTTTTTT!!~

Malakas na pumito ang refere kasabay nang paghagis ng bola sa ere.

"KYAAAAAAAAAH!" Bumirit agad ang mga babae no'ng matapik 'yon ni Lee at agad na masalo ni Tob.

Mabilis na tumakbo si Tob papunta sa gawing kanan ko at ipinasa sa 'kin ang bola, isang magandang hakbang ang ginawa ko sabay tira.

HULOG!

"WAAAAAAAAAAA!"

"THREE-POINTS!"

"LET'S GO, DEIB LOHR!"

Muli akong tumakbo papalapit at binakuran si Gonza, napakaganda nang pagkakangisi niya habang nakatinign kami sa isa't isa at dinidribol niya ang bola. Ipinasa iyon kay Orquiza na agad namang binakuran ni Lee, sa isang magandang pasa ay nasambot 'yong no'ng number 3 mula sa LU. Mabilis na tumakbo is Tob upang sunggaban ito sa isang maling kilos ay naagaw niya mula rito ang bola sabay pasa kay Lee.

HULOG!

"WAAAAAAAA!"

"WE LOVE YOU, LEE!"

Nakuha nang LU ang ang bola at mabilis silang pumorma, nagtuturuan kung saan saan habang nagpapakiramdaman. Iyong number 9 nila ang may hawak ng bola at payabang na idinidribol ito sa magkabilang kamay niya. Binakusan siya ni Remson kaya agad niya 'yong ipinasa ngunit natapik 'yon ni Tob at nasalo ni Lee. Mabilis siyang tumakbo papalapit sa 'kin at eksaktong pagtalikod ni Gonza ay tumakbo ako sa kabilang gawi at sinalubong si Lee. Pagkapasa niya sa 'kin nang bola ay agad akong tumira.

HULOG!

"OH MY GOD! OH MY GOD! OH MY GOD!"

"ANG GUWAPO MO, DEIB LOHR!"

"WOOOOH! ENRILE FOR THE WIN!"

"Sana kung gaano karami ang fans ninyo ay ganoon din karami ang puntos na magawa niyo," hindi ko namalayang nasa harapan ko nang muli si Gonza.

Hindi pa man ako nakakasagot sa kaniya ay tumalon na siya upang saluhin ang bola mula sa Kalama at isang napakabilis na kilos ay tinalikuran niya ako't tumira!

HULOG!

"WAAAAAAAAA!"

"LET'S GO, LUNA!"

"KEV GONZA!"

Inis akong humabol nang tingin sa kaniya ngunit nanatili siyang nakangisi sa 'kin. Hindi ko na 'yon pinansin pa at hinanap kung sinong may hawak ng bola. Naghahanap si Remson nang magandang tiyempo upang maipasa ang bola. Nagtatakbo naman kami ni Lee sa kaliwa't kanan at doon nag-abang.

Muling tumakbo papalapit sa 'kin si punggok at doon nagpakabida! Idinikit niya nang idinikit sa 'kin ang puwetan niya!

'Damn it!'

Sumenyas si Remson kay Tob kaya naman agad itong umikod papalapit sa kaniya at sa isang iglap ay nasalo niya ang bola sabay tira!

HULOG!

"WAAAAAAAAAA! LET'S GO, TOBI!"

"GO, GO, GO, BIS!"

Mabilis akong tumakbo at pumuwesto malapit sa gawing 'yon ni Tob at eksakto namang nilingon niya ako.

"Deib!" Sigaw niya sabay bato nang bola.

"HALAAAAAA!" Sabay sabay at mahabang ungol nang mga nanonood.

"OMG! NA-STEAL!"

"LET'S GO, GONZA!"

'Damn it! Tsk!'

Mabilis na tumakbo si Gonza papunta sa ring at buong puwersang pinahulog ang bola.

Nasa amin na naman ang bola at si Chris ang nagdridribol niyon. Mabilis akong tumakbo sa ilalim ng ring at agad din naman akong binakuran ni Kev. Sa oras na ito ay mas mahigpit na ang pagkakabakod niya sa 'kin

gamit ang walang kamay niya. Mas bumilis na rin ang kilos niya dahilan upang mahirapan kami sa senyasan at pagsalo nang bola.

'Badtrip!'

"Deib!" Sigaw ni Chris at agad naman akong napalingon sa kaniya.

Ibinato niya sa 'kin ang bola at mabilis akong umiwas kay Gonza upang masambot iyon, agad akong tumalon upang ihulog 'yon ngunit nabigo ako.

'Damn it!'

Nangibabaw ang panghihinayang sa tinig nang mga nanonood.

Mabilis na tumakbo si Gonza at ipinasa sa kasama niya ang bola. Mabilis silang tumakbo papunta sa court nila at wala akong nagawa kung hindi ang tumakbo pasunod sa kanila ngunit huli na ang lahat. Sa isang mabilis na kilos ni Gonza at tumira siya't nahulog ang bola.

"KYAAAAAAAAA!"

"GONZA FOR THE WIN!"

"LET'S GO, LUNA!"

Gusto kong mainis dahil kahit na hindi kami mag-usap usap nang team mates ko ay alam kong ipinagtataka nila ang mga pagkakamali ko. Sa tagal kong naglaro nang basketball ay hindi pa ako naagawan kailanman ng bola sa unang quarter ng laro.

'At kahit kailan ay hindi ko pa naranasang maisahan ng isang punggok!'

Si Lee ang kasalukuyang may hawak ng bola ngayon at nagtuturo nang puwesto habang nagdridribol ng bola. Agad akong tumakbo papunta sa ilalim nang ring ngunit binakuran agad ako ni Gonza. Inis kong iniikot ang katawan ko palihis sa kaniya dahilan upang mapunta siya sa likuran ko. Ngunit sa hindi inaasahan ay ipinasa ni Lee sa 'kin ang bola kaya naman pagkasalo nito ay mabilis akong tumalon upang ihulog ito.

Ngunit sa ikalawang pagkakataon ay sumablay ako!

"AHHHH!"

Nakapanlulumo ang nanghihinayang na ungot at malalakas na usapan nang mga nanonood. Inis akong nag-iwas nang tingin at mula sa di kalayuan ay tinanaw ko sina Lee at Orquiza na sabay na tumatakbo papalapit sa court ng Luna. Doon ko napansing pareho sila ni Lee na mabilis tumakbo. Mabilis magpasa at mabilis din sumalo. Wala silang pinagkaiba. Gwapings din ang isang 'to at siya 'yong nakita kong sumunod ro'n sa punggok kanina.

"Deib!" Sigaw ni Lee dahilan upang mabalik ako sa reyalidad.

Agad niyang ipinasa sa 'kin ang bola at no'ng matanaw ko ang pagsugod sa 'kin ni Gonza ay mabilis akong pumorma upang ihulog ang bola at sa ikatlong pagkakataon, sablay!

"Damn it!" Inis na singhal ko sa sarili.

"Deib, ano ba?" Dinig kong angil ni Lee, bakas sa tono nang pananalita niya ang pagtataka at inis.

"Sorry, nagkakataon, eh?" Pigil ang galit na tugon ko.

"Tsk," iling niya at saka mabilis na tumakbo pahabol kay Orquiza.

Agad akong sumunod sa kaniya ngunit sinabayan akong tumakbo ni Gonza. No'ng magtama ang mga paningin namin ay mabilis siyang tumakbo palihis kay Tob at nagulat ako no'ng saluhin niyang bigla ang bola mula sa kasamahan. Kumindat pa siya sa 'kin bago tinira ang bola.

HULOG!

"'YAN SI GONZA, MALIIT PERO MALUPIT!"

"LET'S GO, LUNA!"

Ngumiti si Gonza sa kaniya at kumaway pa.

'Peste kang punggok ka, kapag ako naiinis--titirisin kita para hindi na kita makita!'

Kasalukuyang tumatakbo si Tob papunta sa court namin habang nagdidribol nang bola. Kaya naman habang malayo pa sa 'kin si Gonza ay tumakbo na ako papalapit kay Tob. Eksaktong pagharap ko sa kaniya ay ipinasa niya sa 'kin ang bola 'tsaka ako tumakbo sa sideline at tumalon ngunit pumito ang referee.

"End of first quarter!" Sigaw nang referee!

"What?" Inis na singhal ko.

Wala akong nagawa kung hindi ang ibato pabalik sa referee ang bola at sumunod sa mga team mates ko. Sumulyap pa muna ako sa score board bago kumuha ng energy drink.

SCORE:

LU - 28

BIS - 25

"Enrile!" Sinalubong agad ako ni Coach. **"You missed--not once but thrice! What is wrong with you?"**

Iiling-iling naman akong tumingin sa kaniya. **"S-Sumasablay, Coach, eh."**

"Nasa kondisiyon ka pa ba? Aba, eh, kauumpisa pa lang ng laro, ah?" Singhal niya at napayuko naman ako. **"Maging maingat kayo sa**

pagtira ng bola, boys! Lalong lalo na sa pagpasa dahil sina Orquiza at Gonza parehong mabibilis ang mga kamay at paa! Ultimong ako ay hindi ko mabasa ang mga kilos nila dahil sa sobrang bilis--parang awa niyo na team, mag-usap usap kayo sa loob ng court!"

"YES, COACH." Napapahiyang tugon naming lima.

"Ang bilis nga no'ng Gonza na 'yon," ani Remson.

"Putsa, hindi ko nga napansin, eh! No'ng tumatakbo ako, eh, nasa harap lang ni Deib--putsa pagpasa ko no'ng bola nasa harapan ko na? Taong-unggoy, eh!" Ani Tob.

Inis akong sinulyapan si Gonza at mukhang tuwang tuwa siya sa pag-inom niyong tubig habang nagpapaliwanag iyong Coach nila.

'Naisahan mo ko sa simula, punggok, hindi ka na makakaulit.'

"Kaya nga sinasabi ko sa inyong maging maingat kayo dahil mabibilis sila! 'Yan na nga ba ang sinasabi ko, eh, hindi natin alam ang paraan ng paglalaro nila kaya mangangapa't mangangapa tayo!" Paalala muli ni Coach. **"Gozon!"**

"Yes, Coach?"

"Bago mo pasahan nang bola si Enrile, siguraduhin mo munang naiwasan niya na si Gonza!"

"Yes, Coach."

"Yanai!" Baling naman nito kay Tob. **"Kapag alam mong hindi malulusutan nina Enrile at Gozon sina Gonza at Orquiza, ikaw ang tumakbo at magpahulog nang bola!"**

"Yes, Coach!"

"Chris! Siguraduhin ninyo ni Remson na malinis ang court bago kayo magsipasa, malinaw ba? Maging mabilis kayo--bawat kilos at galaw nila ay pilitin ninyong basahin! Magiging mahirap pero magiging madali kung magkakaisa kayong lima sa loob ng court. Kaya natin 'to! Luna lang 'yan at BIS tayo--malinaw?!"

"YES, COACH!" Buong puwersang tugon namin.

"Okay, on three! LET'S GO, BIS!" Sabay sabay pa naming sigaw.

"KYAAAAAAAAAH!"

"LET'S GO, BIS!"

"WE LOVE YOU, ENRILE!"

No'ng makabalik kami sa court ay iginala ko ang paningin ko sa bleachers, umaasang makikita ko ro'n ang hinahanap ko. Ngunit nabigo ako.

'Badtrip ka, ah? Hindi mo ba talaga ako panonoorin? Tsk! Wala kang kuwenta!'

Mabilis na nagsimula ang second quarter at gaya kanina ay hawak namin ang bola. Si Lee ang kasalukuyang nagdidribol nang bola at nagtututuro habang naghahanap nang mapapasahan ng bola.

Lalapit dito, tatakbo roon. Magtuturo rito, lalapit doon.

Paulit-ulit na kilos at galaw ang ginagawa namin pero lahat ay mahirap pagdesisyonan. Tama si Coach dahil mabibilis talaga ang mga taga-LU. Hindi sila gaya no'ng ibang manlalaro mula sa ibang schools o universities dahil ang tipo nang paglalaro nila ay gaya niyong mga nasa kalye. Normal at tipikal pero hindi ko makuha, hindi magamay. Aaminin kong nahihirapan ako dahil *magagaling* talaga sila.

Mabilis na tumakbo si Chris papalapit kay Tob. At no'ng makakuha nang magandang tiyempo ay ipinasa ni Remson ang bola na mabilis rin ipinasa ni Tob sa 'kin. Eksaktong pagtapak ko paharap ay tumalon ako 'tsaka tumira.

HULOG!

'Sa wakas.'

"WAAAAAAAAA!"

"GO, GO, GO, ENRILE!"

"BIS! BIS! BIS! BIS! BIS!"

"Sa wakas ay nakahulog ka rin," nangibabaw ang tinig ni Gonza mula sa kaliwa ko at hindi ko naiwasang lingunin ito.

Hindi ko siya sinagot at mabilis akong tumakbo kasunod ni Orquiza, umaasang maaagaw ko ang bola. Ngunit hindi pa man ako tuluyang nakakalapit dito ay sumugod papalapit si Lee at masuwerteng naagaw ang bola mula kay Gonza. Mabilis kaming tumakbo pabalik sa court namin at sa isang magandang talon ay nakapuntos si Lee ng tatlo.

"WE LOVE YOU, GOZON!"

"ANG GALING NI LEE, GRABE!"

"BIS! BIS! BIS! BIS! BIS!"

"Deib!" Dinig kong sigaw ni Lee at pagharap ko ay sinalubong agad ako ng bola.

Sinalo ko ito at itinira!

HULOG!

"OH MY GOD!"

"WE LOVE YOU, DEIB LOHR!"

"BIS! BIS! BIS! BIS! BIS!"

Agad na sumugod ang LU hanggang sa marating namin pare-pareho ang dulo, naagaw ni Remson ang bola dahilan upang mabilis siyang tumakbo papalapit sa 'min. Sinalubong agad siya ni Chris at sinalo ang bola pagkapasa niya. Nasa kalahati nang court si Chris no'ng maipsa niya sa 'kin ang bola at eksaktong pagtalikod ko mula sa three-point line ay itinira ko ang bola.

SABLAY!

"Damn it!" Hindi ko napigilan ang sarili kong mainis.

"Hahaha! Hanggang umpisa ka lang pala, eh?" Muling sumulpot si punggok mula sa likuran ko.

"Tch! Hindi ka ba sumasablay?" Inis na tanong ko at tinalikuran siya 'tsaka muling tumakbo.

Ngunit hindi pa man ako nakakalayo ay nakasunod na siya sa 'kin. **"Hindi, bakit? Nakita mo na ba akong sumablay? Hahaha!"** Payabang pang aniya 'tsaka nilampasan ako upang saluhin 'yong bola mula kay Orquiza.

Eksaktong paghinto ni Gonza sa three-point lane ay itinira nito ang bola at suwabeng nahulog iyon!

'Damn it!'

"Ganon ang three-points, p're! Kung anu-anong ginagawa mo, eh, hehehe," pang-aasar niya pa 'tsaka tuluyang tumakbo papalayo sa 'kin.

Inis akong sinundan siya ng tingin at nakita ko pa kung paanong nag-apir sila ni Orquiza at sabay na tumawa habang nakaabang sa mga kasama kong nagdidribol ng bola.

'Buwisit kang punggok ka, may oras ka rin sa 'kin!'

Tumakbo na naman ako nang tumakbo para makahanap ng magandang tiyempo ngunit naging mahirap na para sa 'min ang maisahan ang LU. Mas naging matindi ang pambabakod nila sa 'min kaya naman inis kong iniharang ang dalawang braso ko kay Gonza na paulit-ulit naman ang pagdamba sa 'kin habang nagdidribol ng bola at nakangisi pa.

"Kilos, para may pakinabang ka," ngingisi ngising aniya pa habang patuloy ang pagdamba sa 'kin.

'Peste ka!'

Mas binakuran ko siya gamit ang dalawang braso ko, pilit na binabasa ang kilos niya. Ngunit mabilis siyang nakapagcrossover at tumalon.

HULOG!

Muling nagsigawan ang mga babae at iba pang nanonood kasunod nang malakas na pagpito ng referee. Sabay sabay kaming nilingon ang referee at sumesenyas sa 'kin mismo. Nakaharap sa 'kin ang dalawang palad niya.

'What the hell?'

"Personal foul! BIS! Enrile, number 1! Pushin!" Sigaw nang referee.

"What?" Singhal ko.

"Pushing!" Pag-uulit nito.

Inis akong nilingon si Gonza ngunit mas ikinainis ko ang pagngisi nito sa 'kin kasabay nang pagkikibit-balikat. Hindi ko puwedeng patulan ang referee kaya naman inis akong tinalikuran na lang si Gonza at saka huminga nang napakalalim.

'Damn it, what's wrong with me? Tsk!'

"Deib." Lumapit si Tob sa 'kin. **"Anong nangyayari sa 'yo?"**

"Badtrip 'yong punggok na 'yon!" Singhal ko 'tsaka namin sabay na nilingon si Gonza na kasalukuyang tatawa-tawa.

"'Wag mo na lang pansinin, okay? Kung badtrip ka sa kaniya--balewalain mo na lang muna, walang personalan, dre. Laro muna ngayon, bago iyan," nakikiusap ang tonong aniya.

Hindi ko naman siya pinansin at inis akong iginalang muli ang paningin ko sa bleachers kung nasaan ang mga taga-BIS pero hindi ko talaga siya makita.

'Peste, nasaan ka na ba Taguro?'

Muling pumito ang referee at mula sa sideline ay ibinato ni Orquiza papunta kay Gonza ang bola. Muli kaming nagsipagtakbukhan papunta sa court nila. Mabilis na naman silang nagpasa-pasahan nang bola kaya naman hindi ko napansing inatake ni Orquiza si Lee 'tsaka mabilis na nagreverse lay-up!

HULOG!

"OH MY GOD, ANG GALING NI JERMAYNE!"

"WE LOVE YOU, ORQUIZA!"

"LET'S GO, LUNA!"

'Damn it! Hindi pa nga ako nakakakilos--nakapuntos na siya? Peste!'

Mabilis na tumakbo ang minuto at pulos LU ang nakakapuntos. Ilang beses kong sinubukang makapagpahulog nang bola ngunit malas talaga dahil sumasablay ang mga ito. Tanging sina Lee at Tob na lang ang magkakasunod na nakakapuntos ngunit hindi pa rin sapay 'yon upang malamangan namin ang LU.

Mabilis ding tumakbo ang oras at natapos ang second at third quarter.

SCORE:

LU - 93

BIS - 69

Matapos ang third quarter ay muli kaming bumalik sa bench at gaya nang inaasahan ay galit kaming sinulubong ni Coach kasunod no'ng mga estudyanteng nag-aabot ng tubig at towel sa 'min.

"What's wrong with you, guys?" Sigaw ni Coach sa 'min pare-pareho ngunit mas nakonsensiya ako. **"Sabihin niyo sa 'kin--ano ang nangyayari sa inyo?!"**

"C-Coach, magagaling talaga, eh," nakasimangot na ani Remson.

"Oo, nakikita ko--magagaling sila, pero mas magagaling kayo sa pagkakaalam ko! Nakita ninyo nang magaling, eh, bakit lalamya-lamya kayo? Ano ba? Nasaan na ang dating sigla nang BIS? Nasaan na 'yong dating mga players ko? nasaan na 'yong dating team ko? Ano ang nangyayari sa inyo?" Sumbat niya at sabay sabay kaming napayuko. **"Ikaw, Enrile? Ano? Pagod ka na ba, ha?"**

"H-Hindi pa po, Coach."

"Kung gano'n ay 'wag kang umastang pagod!" Sigaw niya dahilan upang mahiya akong uminom ng tubig. **"Hindi pa nga kita nakikitang hinihingal--pero kung maglaro ka ay parang hinang hina ka na! Ano ba? Nandito na tayo, eh, heto na tayo! Nasa simula pa lang tayo ng inter high--ganiyan na ang laro ninyo! Listen, guys, we're not here to fool around--we're here to play! To play good--to play hard! To play great!"**

"Y-YES, COACH." Alanganing tugon namin.

"For the last time, sasabihin ko sa inyong maging *maingat* kayo! Dahil sa nakikita ko sa inyo ay paulit-ulit kong sinasabi ngunit hindi ninyo ginagawa! Yanai, Enrile! Ilang beses na kayong naaagawan ng bola pero maski isang beses ay hindi man layo nakaagaw ng bola sa kanila! Gozon! 'Wag ka namang magpapetiks petiks sa binabantayan mo dahil mas mabilis siya sa 'yo--baka nakakalimutan mo?"

"YES, COACH." Sabay sabay naming tugon.

"Kayong dalawa naman," baling nito kina Chris at Remson. **"Ikaw ang Captain--pamunuan mo ang team mates mo sa loob ng court!"** Singhal niya kay Chris at napapahiyang tumango naman ito. **"Gayunpama'y gusto ko ang naging performance ninyong dalawa.**

Gaya nang dati, may kakaiba pa rin kayong tekniks at galaw na kayong dalawa lang ang nakakagawa. Good partners kayo hanggang ngayon kaya hangga't maaari, hihilingin kong mas dagdagan ninyo pa. Idamay ninyo itong tatlo kung posible," turo pa niya sa 'min.

"YES, COACH!"

"Okay, on three!" Sigaw na naman niya at saka kami sabay sabay na tumayo. **"LET'S GO, BIS!"**

Bagsak ang mga balikat na tumayo ako at nilaghok ang natitirang patak ng tubig sa bote ko. No'ng maubos ko 'yon ay pabato kong ibinalik sa basket.

"Deib," nangibabaw ang tinig ni Kim kaya agad kong nilingon ito.

"Kim?"

"Are you okay? You don't look fine," may bahid nang pag-aalalang aniya.

"I'm fine."

"Is there something wrong? Hindi kasi maganda ang laro mo."

"Magagaling ang kalaban, eh," pilit ang ngiting tugon ko.

"'Wag mo isiping magaling sila dahil wala nang mas gagaling pa sa 'yo. Sana ay 'wag kang kabahan, alam kong kinakabahan ka at natatakot ka sa kanila pero alam kong kaya mo 'yan, Deib. Kaya niyo 'yan."

'At hindi nakakatulong ang mga sinasabi mo Kim.'

Hindi ko alam kung matutuwa o maiinis ba ako sa mga sinabi niya dahil puro negatibo ang dating nang mga iyon sa 'kin.

"Thanks," pilit pa rin ang ngiting tugon ko.

"Basta 'wag mo kalimutang nandito lang ako."

'Tch. Eh, ano naman?'

Wala sa sariling tinanguan ko na lang siya 'tsaka ako naglakad pabalik sa court. Agad naman akong sinalubong ni Lee.

"Sana naman ay maging okay ka na," bulong niya pa.

"Bakit?"

"Nakausap mo na si Kim, eh," bulong niya ulit at natigilan naman ako. **"Tsh. Don't act innocent, dre, I know that you're just waiting for her. Makakapaglaro ka na ng ayos dahil inspired ka na, hehehe."**

'Tch. Seryoso, Lee, hindi ko hinihintay ang pinsan mo.'

Tinapik niya pa ako 'tsaka ginawaran nang nanunuksong tingin at patakbong bumalik sa puwesto.

"Pustahan tayo, dre, matatapos 'tng larong 'to at tayo ang mananalo," nangibabaw naman ang boses ni Tob kaya gulat akong napatingin sa tabi ko.

"Tch! Alis na!" Singhal ko dahil nakatiad pa siya at kasalukuyang malapit sa tainga ko. **"Nakakadiri ka, Tob!"**

"Ulol! Lumapit lang ako para walang makarinig!"

"Ulol ka rin! Sa layo no'ng mga kasama natin, natakot ka pang may makarinig? Kahit kailan ay bading ka!"

"Hahaha! Kung makailag ka naman--kinilabutan ka ba, dre? Putsa kung gano'n ay ikaw ang bading sa 'tin!"

"Manahimik ka na nga!"

"Enrile, sinasabi ko sa 'yo. Mayamya lang ay gaganda na ang laro mo," nakangising aniya pa at natahimik naman ako.

"A-Ano bang sinasabi mo?" Maang-maangang tugon ko ngunit hindi na siya nakasagot dahil muling pumito ang referee.

Mabilis na nagsimula ang fourth quarter.

'24 ang lamang nila, sana nga Tob, mahabol pa natin.'

Mabilis akong tumakbo no'ng makita ko si Tob na abala sa paghahanap ng magandang tiyempo upang maipasa kay Lee ang bola ngunit wala siyang makitang lusot. Kaya naman no'ng ako ang makatiyempo kay Gonza at mabilis akong tumakbo papalapit kay Tob sabay senyas dito! Nasalo ko ang bola matapos niya iyong ipasa kaya naman nagmadali akong tumakbo papalapit sa ring.

'My turn! Yari ka sa 'kin, Gonza!'

HULOG!

"WAAAAAAAAA!"

"KYAAAAAAAH!"

"ANG GUWAPO MONG TUMIRA, DEIB LOHR!"

Mabilis na nakuha nang Luna ang bola at tumakbo papunta sa court nila ngunit hindi pa man ito nakakaporma para tumira ay masuwerteng naagaw ni Lee ang bola mula kay Orquiza. Tumakbo siya papalapit sa 'kin at agad na ipinasa ang bola kay Chris na sa isang senyas ay ipinasa ang bola sa 'kin. Walang bantay sa 'kin kaya naman libre kong naihulog ang bola.

'Two points!'

Nang mapasakamay nang Luna ang bola, gaya kanina ay agad silang tumakbo papunta sa court nila at kamalas malasang no'ng subukang ipasa nang isa sa kanila ang bola ay natapik 'yon ni Lee sa ere dahilan upang

masambot ni Tob at malakas na ibinato papunta sa 'kin. No'ng masalo ko ang bola, hindi na ako nag-aksaya pa ng oras tumakbo na agad ako pabalik sa court namin.

Ngunit hindi gaya kanina, kasalukuyan nang nakaabang sa 'kin si Gonza mula sa ilalim ng ring at ngayon pa lang ay nahihirapan na akong umiwas sa kaniya. Nakangisi na siya sa 'kin habang nakabakod sa 'kin ang parehong braso niya habang ang katawan niya'y kumikiskis sa tagiliran ko.

Paulit-ulit kong drinibol ang bola at no'ng makahanap ako nang tiyempo, inihakbang ko ang kaliwang paa ko sa kanan niya at saka ako umikot. Ngunit hindi pa man ako nakakatalon ay binalya ako bigla ni Gonza dahilan upang mapatalsik ako at dumulas sa mismong ilalim ng court!

"Argh!" Bulalas ko pa, iniiwasang tumama ang ulo ko sa kung saan.

Agad na pumito ang referee. **"Flagrant foul! LU! Kev Gonza, number 11! Hitting!"**

"Ano? Ref naman?" Depensa ni Gonza. **"Anong ginawa ko naman?"**

"Violent contact with the opponent!" Pasigaw na tugon no'ng referee na humarap mismo kay Gonza.

"Pero ref naman?"

Iling lang ang itinugon nang referee sa kaniya, 'tsaka humarap sa 'kin. **"BIS! Free throws plus the offense retaining possession of the ball after the free throws!"**

Mabilis akong bumangon mula sa pagkakahiga at ipinahid pa ang dalawang kamay ko sa jersey shorts.

"KYAAAAAAAAH!"

"ANG GUWAPO MO KAHIT PAWIS!"

"LET'S GO, DEIB LOHR!"

"WE LOVE YOU, DEIB LOHR!"

"GO, GO, GO, BIS!"

"Score, Deib!" Dinig kong sigaw nina Chris at Remson.

"Let's go, Deib!" Sigaw rin nina Lee at Tob.

Nag-focus ako sa ring habang dinidribol ang bola.

'Mahulog ka. Kailangan kong umiskor. Mahulog ka. Please.'

"ENRILE FOR THE WIN!"

"ANG GUWAPO MO SA POSISYONG 'YAN, MY GOD!"

"KYAAAAAAAAH!"

Tumitig pa ako sa ring 'tsaka dahan dahang ipinosisyon ang mga kamay at katawan ko 'tsaka suwabeng itinira ang bola.

SABLAY!

'Damn it!'

"Tss."

Kumabog ang dibdib ko no'ng mangibabaw sa pandinig ko ang pinakapamilyar na ekspresyong 'yon!

Sunod sunod ang naging paglunok ko habang lalong bumibilis ang tibok ng puso ko. Muli akong pinasahan ng bola at habang idinidribol 'yon ay ibinaba ko ang paningin ko sa ilalim ng ring board.

Ilang beses pa akong kumurap ngunit hindi ako nagkakamali sa nakikita ko.

SI TAGURO!

Pakiramdam ko ay panandalian huminto ang mundo ko. Nakatayo siya sa mismong harapan ko, may ilang dipa lang ang layo sa 'kin. Nakasandal sa bakal na poste habang magkakrus ang dalawang braso at gayon na rin ang paa. At matamang nakatitig sa 'kin.

"Tsk tsk tsk." Aniya pa sabay iling at sumenyas na magpatuloy na ako.

Hindi ko napigilan ang sarili kong mapangiti sa kaniya.

Nakangiti akong tumingin sa ring at marahang ipinosisyong muli ang mga kamay at kawan ko 'tsaka ako tumira.

HULOG!

'What the hell?'

"KYAAAAAAAAAAH!"

"WAAAAAAAAAAH!"

"THE ONE AND ONLY--DEIB LOHR ENRILE!"

"'DI BALE NANG BULLY--BASTA MVP! WOOOH!"

'Tch!'

Muli kong sinulyapan si Taguro at deretso siyang nakatingin sa mga mata ko habang nakangiwi ang mga labi na para bang nagsasabing hindi siya bumilib sa ginawa ko. Ngunit wala akong pakialam dahil kakaiba ang tuwang idinulot nang presensiya niya sa 'kin.

'Makakapaglaro na ako nang ayos dahil nandiyan ka na.'

"YEHEEEEEEY!"

"ANG GALING MO, KUYA DEIB!"

"GO, BABY! I LOVE YOU!"

Napanganga ako no'ng madinig ko ang mga pamilyar na boses at no'ng maglampas ako ng tingin kay Taguro ay namataan ko sina Mommy't Daddy kasama sina Manang, Nono at Joan. Pare-pareho silang kumakaway sa 'kin

at talaga namang napakalawak ng mga ngiti nila. Nginitian ko rin sila 'tsaka puno nang kompiyansang nagpahulog muli nang bola.

HULOG!

"GO, KUYA DEIB!"

"YIIIEEEE! GO, BABY DEIB!"

Muli kong nilingon si Taguro at nagtama pa rin ang paningin namin. May kung anong nagsasabi sa 'kin na hindi niya inalis ang paningin niya sa 'kin. Pakiramdam ko ay malulusaw ako sa lalim ng pagkakatitig niya sa 'kin. Bagaman gaya nang dati ay walang ekspresyon at nananatiling blangko ang mukha niya.

Namangha ako no'ng may kung anong kumislap sa mga mata niya habang nakatingin sa 'kin. Hindi ko alam kung paano kong natagalan ang mga titig niyang 'yon dahil ang alam ko lang ay ang sarap sa pakiramdam nang nakatingin kami sa isa't isa.

OceanofPDF.com

CHAPTER 104 : INTERHIGH

MAX'S POV

Parang huminto ang mundo.

"Oh my God! Randall's here!"

"Huh? Where?"

"Look! Sa entrance!"

"WAAAA!"

"KYAAAAH!"

"Randall!"

"Oh my goodness ang gwapo gwapo niya talaga!"

"Super!"

"But wait, nandito ba siya para kay Pein!?"

Bakit ako? Anong kinalaman ko dyan?

Napatingin ako sa entrance at nagtama ang paningin namin ni Randall. Nginitian niya ako bigla at saka niya ako tinanguan.

At aaminin ko.

NABAWASAN ang kaba ko.

Dahil ang totoo, nanginginig na ang kamay ko dahil isang maling kilos ko.

MATATALO ako.

Tsk! This is my most hated part!

Pero hindi ko talaga inaasahang pupunta siya dito. Kahit pa dito alam kong posible at malaki ang chances na manuod siya ng game ko. Hindi ko talaga inaasahang dadating siya.

"Sa tingin ko nga ay nandito siya para kay Pein, hays, she's so lucky."

"That's for sure! Sino pa nga ba? E siya lang ex ni Randall dito."

"Gaga don't lose hope. E ano bang sports ni Randall my mahal? Hindi ba't billiards rin?"

"Oo nga no? Ang talino mo talaga."

"Psh! Possible rin na nandito lang talaga siya para manood ng billiards okay?? Lalo na at ngayon lang nakasali yan sa sports natin."

"Yiiieee may point ka talaga!"

"I know right? Hahaha!"

Hindi ko na sila pinansin pa at pinagpatuloy ko nalang ang pagsipat sa huling bola.

Isang hulog nalang. Nuebe na lang at panalo kana. Wag kang sasablay kung ayaw mong mamatay.

Isang beses ko pa muling sinipat ang bola at sa huling pagsilip ko ah nakita ko ang Sam.

Kunot na kunot ang noo niya at salubong na salubong ang kilay niya. Maayos naman ang pagkakaupo niya pero halatang balisa siya.

Say goodbye baby.

At saka ko tinira ang bola at..

HULOG!

You lose.

PALAKPAKAN!!

HIYAWAN!

"Waaa! Ang galing galing mo sobra! Idol na kita!"

Thank you!

"Waaaa tapos ang laban! Sobrang galing mo Maxpein!"

"Shet ang lupet!"

"More!"

"Wooh go BIS!"

"MAXPEIN!"

"TAGURO!"

"GO PEIN!"

"We love you Pein!"

"Idol na kita grabe!"

"Idol talaga!"

"BIS won!"

"Wooh sinasabi ko'na nga ba mananalo si Max e! Ang galing mo talaga!"

"One down!"

Thank you! Thank you!

"Wa ang lupet mo Max!"

"Idol"

"Iba ka!"

"Ang astig mo Max!"

"Shet lang go Maxpein!"
"I love you Pein!"
"Ang galing nyia grabe! Di ba Kanika?!"
"Oo nga Gordee e, nakakabilib siya grabe!"
"Sana ako rin marunong magbilliards."
"Parang gusto kona nga ring matuto e hahaha."
"Nakakainggit naman si Pein."
"Go Taguro!"
"Waaa Jossa! Nanalo ang idol natin!"
"Oo Jade! Sobrang astig niya di ba?! Waa!"
"Sabi sa'yo Raven mananalo yan e!"
"Oo na Orleans! Wala na'kong sinabe! Magaling na talaga idol mo!"
NGITING PANALO!
Thank youuuu!
Yeah! Ang lakas ko talaga!
Wala akong magawa kung hindi ang ngitian ang lahat ng nagsisigawan.
Bati dito, bati don.
Papuri dito, papuri don.
Sigaw dito, sigaw don.

Hindi ko alam kung anong dapat kong sabihin dahil lahat ng naririnig ko ngayon ay ang pangalan ko na isinisigaw ng halos lahat ng tao. At natutuwa talaga ako sa mga sinisigaw nila. Pakiramdam ko ay ako na ang *Champion* kahit na umpisa palang naman 'to. Feeling ko ay ako ang pinakamagaling sa lahat ng players na nandito. Hehehe! At dahil sa sobrang kayabangan ko, hindi ko napansing nasa tabi ko pa pala si Sam.

"I never expected this Pein." mahinang sabi ni Sam habang kasalukuyan kaming nakatingin sa mga taong nanonood at patuloy ang pagsigaw ng pangalan ko.

Sarkastiko ang tono ng pananalita niya at bakas ang pagkainis.

Sure thing.

"Sino nga ba ang magsasabing ang dating talunan at tinuturuan ko lang ay makakalaban ko ngayon at matatalo pa ako hahaha. Nice game, lakas ng *tsamba'*mo." dagdag pa ni Sam.

"Mmm. Nagpatsamba ka kasi e." sarkastiko ring sagot ko.

Humarap siya sa'kin at halatang nagpapanggap siyang okay lang kami habang nag-uusap. Na kunyari ay okay lang kami matapos niyang matalo. Halatang pinapakita niya lang sa ibang tao na tanggap niya ang pagkatalo.

Tss dyan ka magaling, sa pagpapakitang tao.

"Hahaha funny! Oh well, mas gugustuhin ko ng matalo kesa masabihan ng tsamba sa pagkapanalo ko. Hahahaha!"

"Bakit kasi kinabahan ka? Natsambahan tuloy kita." mayabang na sabi ko at natigilan naman siya.

"A-Ahh yeah. I almost forgot, mayabang ka nga pala at hindi na dapat ako nagsalita pa hahaha." bakas pa ang pang-iinsulto sa tono ng pananalita niya.

d

Ako pa talaga ang mayabang ahh?? Amazing.

"Wag ka masyadong magpakasaya dahil eto palang ang umpisa Pein. You know me."

"Of course Sam. I know you in fact, alam kong inis na inis kana sa'kin ngayon but you can do nothing." mayabang rin na sabi ko. **"Wag kang mag-alala dahil hindi ko aalisin sa isip kong *tsamba* lang ang pagkapanalo ko dahil sobrang galing mo."**

"Ikaw ang nagsabi nyan hahaha. I'll see you on the next round? Bye." nakangiting sabi niya sa mismong mukha ko at nginisian ko naman siya bilang sagot.

Tss. Hambugan?!

Tatalikod na sana ako pero.

"Oh by the way." pahabol ni Sam. Nilingon ko i muli at nakangiti siya sa'kin. **"Pakisabi kay Zarnaih good luck, galingan niya kamo ha?"**

"Makakarating." pilit ang ngiting sagot ko.

"Yun lang. Thanks! Bye!" dagdag niya pa at saka kunwaring tumatawang naglakad papalayo.

Hindi ko siya pwedeng yabangan ng yabangan at alam kong 50/50 sa kanya si Naih.

Nakakainis lang na matapos niyang matalo ay may taglay pa rin siyang kakaibang yabang sa katawan, Sabagay hindi ko naman siya masisisi dahil magaling talaga siya. Mas madaling magyabang kung may ipagmamayabang ka namang talaga. Ako man kasi sa sarili ko ay aminadong naka-tsamba talaga ako dahil iba talaga ang galing ni Sam, pero hindi ko yun pwedeng ipahalata sa kanya dahil masyadong tataas ang confidence level niya at lalo lang siyang magiging mayabang. Kapag nauuna kasi ang yabang ni Sam, sumusunod ang galing niya dahilan para

manalo talaga siya. Weird pero totoo. Ako man ay minsan niya ng naging tagahanga kung babalikan ko ang nakaraan kaya naman alam ko.

Pero ugali niya ang di ko nagustuhan.

"Congratulations Maxpein Zin del Valle of Brint International School!" bumalik ako sa reyalidad ng marining ko ang malakas na sigaw ng announcer at nagpalakpakan naman ng malakas ang mga tao. Tinanguan ko silang lahat at saka ako kumaway kaway.

"Thank you." mahinang sabi ko matapos tumungo. Hindi man nila marinig ang sinabi ko, alam ko namang nabasa nila ang galaw ng mga labi ko.

Hanggang sa mapunta sa Entrance ang paningin ko at muling nagtama ang paningin namin ni Randall.

Nakangiti siya sa'kin habang nakasandal siya sa pader at nakacross arms and legs.

Talagang yung huling part lang ang pinanood mo ah!? Tss.

I know he's proud of me..

Tama kasi ang sinabi nung mga nanunuod kanina.

Billiards ang pinakamahal na sports and hobby ni Randall. Hindi tulad ng ibang lalaki, hindi siya naaddict sa mga online/computer games, hindi rin siya mahilig mag-bar at magparty dahil ang tambayan at ang hilig niya ay ang bilyar. May sarili siyang table sa loob ng bahay niya actually..

Magaling siyang magbilyar. Hindi naman nakakasama sa kanya ang paglalaro nun dahil maganda pa rin naman ang grades niya. Matalino pa rin naman siya, as in walang problema. Yun nga lang, natuto siyang manigarilyo dahil sa mga nakakasama niya sa tambayan.

Makasita sa bisyo ng iba? Parang wala ka ring bisyo ah!

Kumunot ang noo ko sa sarili kong naisip.

Tss, natuto lang naman ako nun dala ng kadramahan sa buhay.. tsk tsk tsk!

Mabilis kong iniiwas na ang paningin ko kay Randall dahil baka may iba ng makapansin. Habang binabati pa rin ng announcer ang iba pang mga nanalo na schools ay tumingin ako sa pwestong kasalukuyang nasa harap ko.

Bakit sila magkausap ni Daddy? Magkakilala ba sila?

Nagulat talaga ako kanina nung mapansin ko si Dad sa audience, pero mas ikinagulat ko ang pagkatapos ng ilang minuto ay nakita ko na siyang nakikipag-usap kay Sensui.

Tss. Ano naman kayang pinagsasasabi ng abnoy na yun sa erpats ko? At kelan pa sila nagkakilala? Tsk.

Hindi pa rin kami okay ni Dad dahil sa nangyari kagabi pero alam ko narin namang dadating siya. Hindi ko lang talaga inaasahang makikita ko siyang kausap si Sensui at mukhang okay na okay pa silang kausap ang isa't isa. Sa ugali ng Daddy ko, hindi naman siya nagpapahuli sa mga ganitong events sa buhay ko, although hindi siya yung tipo ng tao na lalapitan ka talaga. Mananatili lang siya sa audience at nakangiting nakatingin sa'yo. Ganyan na siya noon pa. Kaya naman ultimong graduation ko nung Elementary, umakyat ako ng stage at kinuha ko ang diploma ko ng *mag-isa*.

Tss, dahil sa kanila ay sumablay ako kanina at muntik nakong maisahan ni Samantha. Tsk. buti nalang talaga nakatsamba hehe. Thank you God, next time ho ulit!

Kinuha ko na isa isa ang gamit ko at saka ako naglakad papalapit kila Dad.

Sakto namang nagtama ang paningin namin ni Sensui, saka ako nagsimulang maglakad, papalapit sa kanila.

Tss.

Gusto kong matawa dahil sa expression ng mukha niya. Mukha siyang tangang parang gulat na gulat dahil nakatingin ako ng deretso sa kanya habang naglalakad papalapit sa kanila.

Akala pa yata neto e nasa palabas siya. Slow motion?? Tsk tsk tsk.

"Waaaa!"

"Go Taguro!"

"Ang galing mo IDOL!"

"Idol ka na namin!"

"I love you Taguro!"

Muling sigawan ng mga tao pero hindi ko inalis kay Sensui ang paningin ko. Gusto kong matawa sa ekspresyon ng mukha niya pero pinigilan ko ang sarili ko at nanatili akong seryoso habang papalapit sa kanila.

Akala niya pa yata ay siya ang ipupunta ko dun. Engot.

"W-What are you l-looking at?" uutal utal na tanong niya nung tuluyan akong makalapit sa kanila. Hindi ko siya sinagot dahil hindi ko na mapigilan ang matawa, munit imbes na tumawa ay nginitian ko siya.

"W-What!?" inis na tanong niya.

"Tss, nung ikaw ba ang titig na titig sa'kin nagalit ba ako?!" nakangisi at mayabang na tanong ko sa kanya.

"A-Ano!?" singhal niya.

"Ha. Kanina mo pa ako tinititigan pero hindi ako nagtanong ng ganyan sa'yo. Samantalang ikaw, simula don hanggang dito wala pa'kong isang minutong naglakad habang nakatingin sa'yo, ganyan na agad ang galit mo? Hehehe."

"A-Ano!? H-Hindi kita tinitignan ah!!"

"Hahaha talaga lang ah!?"

"A-Ang kapal ng mukha mo--- At saka anong galit? Sinong galit!? H-Hindi ako galit! Naiinis lang ako!"

"Tss hindi ka naiinis. Naiilang ka Sensui. Naiilang ka."

"Anong sabi mo!? Ang kapal ng mukha mo ah! Baka nakakalimutan mong ikaw ang lumapit sa'kin dito!?!"

d-.-b

Tss sinabi ko na nga ba.

"Tss. Sino namang may sabi sa'yong linapitan kita? Oo, nakatingin ako sa'yo pero hindi ikaw ang nilapitan ko."

"H-Ha?! Anong?? Tch! Nandito ka na nga sa harap ko e tatanggi ka pa?!"

"Tss, baka hindi ikaw ang ipinunta ko?!" sarkastikong tanong ko. **"Assuming ka e no?"** taas ang kilay pang tanong ko.

"A-Ano kamo!?" gigil na tanong niya.

"Assuming ka e no?" pang-iinis ko sa kanya. Halatang naiinis siya sa'kin dahil napapahiya siya unang una dahil nakatingin sa'min si Dad. Pangalawa ay dahil may iba pang nakakarinig. At pangatlo, dahil assuming siya hahaha!

"A-Anong assuming!? Hindi ako assuming dahil lumapit ka naman talaga sa'kin! Dahil kung h-hindi, wala ka dito sa harap ko---"

"Hindi nga kasi ikaw ang ipinunta ko!" inis na talagang sigaw ko sa kanya.

"E sino!?" inis ring tanong nkya.

Hindi ko siya sinagot..

Salubong ang kilay kong iniiwas ang paningin ko sa kanya at saka ako tumingin kay Daddy na kasalukuyang ngiting ngiti habang nagpapalipat lipat ng tingin sa'min.

Tss isa pa 'tong assuming e. Naturingang Ama ko, nakikisakay pa sa trip ng kalaban ko. Tsk tsk!

"Bakit nga ba magkausap kayo neto Dad?" inis na tanong ko kay Daddy pero nakangiti pa rin siya.

Anong trip ba nito!?

"Dad? Daddy mo siya?!" parang hindi makapaniwalang tanong ni Sensui habang nagpapalipat lipat rin ang tingin sa'ming dalawa ni Dad.

"Tss. Parang ayaw mo ah!?" pigil ang tawang sagot ko.

"A-Ano!?"

"Oo. Daddy ko siya. Bakit parang ayaw mo pa!?"

Hindi siya nakasagot sa'kin at patuloy ang pagpapalipat lipat ng tingin niya sa'ming dalawa.

"Pwede ba'ng tigilan mo yang pagtingin tingin sa'ming dalawa?! Ang O.A. mo e. Tss kinausap mo 'tong taong 'to ng hindi nalalaman kung sino siya?! Abnoy ka talaga e no?" sarkastikong tanong ko.

"E-Eh hindi ko naman alam na Daddy mo siya e."

Hindi niya alam!?

"Hindi mo pala alam e bakit kinakausap mo?! Tss. At saka hindi mo ba napansin!? Magkamuka kami di ba?!" inis na tanong ko at hindi naman nakasagot agad si Sensui, tinignan niya kaming pareho habang parang gulat na gulat pa rin.

"H-Hindi ko napansin e."

"Tss, sa tinagal tagal mong tinitigan ang mukha ko hindi mo talaga napansin?!" pang-iinis ko sa kanya at nagulat naman siya.

"A-Anong---Hoy! Hindi kita tinititigan sabi!"

"Okay. Kung makatanggi ka naman parang pinipilit kita hehe." natatawang sabi ko at saka tumingin kay Dad. **"Bakit hindi mo kasi sinabi sa kanya na anak mo ko?"** taas-kilay na tanong ko sa kanya at ramdam ko namang humarap rin si Sensui sa kanya. Ngumiti si Dad bago sumagot.

"Sinabi ko naman sa kanyang nandito ako para sa anak ko. Hindi ba iho?" baling ni Dad kay Sensui.

"E sinabi naman pala sa'yo e." pigil ang tawang balik ko kay Sensui.

"S-Sinabi niya nga---pero h-hindi niya naman sinabing ikaw ang anak niya."

"E hindi mo naman pala sinabi sa kanya'ng ako ang anak mo Dad e." baling ko kay Dad.

"Hindi niya rin naman kasi tinanong." natatawang sagot ni Dad.

"E hindi mo naman pala kasi tinanong e---"

"S-Shut up---Shut up!" inis na sigaw sa'kin ni Sensui at natigilan naman ako. Natatawa akong tumingin sa mukha niya at namumula siya. Halatang balisa siya at sobrang napahiya. **"Fine! E-Edi mag-Daddy kayo!"**

"Hahaha." si Dad.

"Ahh yeah, para hindi ka na nagkakaganyan---hayaan mong ipakilala kita sa kanya." nakangiting sabi ko at saka humarap kay Dad. **"Ahh.. Dad, this is Deib Laaahr Enri---"**

"L-Lohr yun! Lohr! Deib Lohr Enr---"

"Edi ikaw na magpakilala!" inis na sigaw ko sa kanya.

"I-Ikaw na! Tch! Magpapakilala lang mali mali pa---!!!"

"Tss! Anong malay ko sa buong pangalan mo!?"

"Ha! E bakit ako!? Alam ko ang buong pangalan mo!?"

"Malamang! Ikaw pa!? Tss. Pabango ko nga alam mo e, pangalan ko pa kaya?! Hehehe." mayabang na sabi ko.

"A-Ang kapal talaga ng muk----"

"Oh, oh. Tama na, namumula ka naman e." pigil ko sa kanya. **"O sige uulitin ko ha?? Daddy."** baling ko kay Dad. **"This is Deib Lohr Enrile. Ano?! Tama na!?"**

"O-Oo."

"Tss."

"Hi Deib!" nakangiting sabat ni Dad na iniabot ang kamay niya.

"Hi?" si Sensui.

"Deib, this is Maximor del Valle, you can call him More. He's my Dad." pakilala ko kay Dad at parang naiilang namang inabot ni Deib ang kamay niya.

"Nice meeting you Deib." nakangiting sabi ni Dad sa kanya.

"N-Nice meeting you too S-Sir---"

"Sabi ng More na lang ang itawag mo sa'kin e." si Dad. **"Kanina pa kasi siya Sir ng Sir, sabi ng hindi Sir ang pangalan ko. More. More."**

"Tss. More na lang kasi itawag mo dahil gusto niyang magpabata. Sume-Serr Serr ka pa dyan e."

"E-Eh sa hindi ako sanay sa More---parang h-hindi ko naman siya ginagalang kung More lang ang itatawag ko sa kanya."

"Mmm, so gusto mo yung may paggalang pa rin?" sarkastikong tanong ko at nakanguso naman siya sa'kin.

"S-Syempre naman."

"Edi Daddy nalang."

"Ano?"

"Kung ayaw mo ng More, edi Daddy nalang. Di ba Dad??"

"Sure why not?? Hahaha!" natatawang sagot ni Dad at hindi naman nakasagot sa'min si Sensui. Nanlalaki na naman ang singkit niyang mga mata at namumula ang maputi niyang pisngi.

"Tss."

"Ngayon, ngayon masasabi ko ng mag-Ama nga kayo! Dahil pareho kayong w-wirdo!"

Hindi kami nakasagot pareho ni Dad at nagkatinginan pa kami, saka kami sabay na tumigin kay Sensui.

"Oh e anong tawag mo dyan sa iniaasta mo??" sarkastikong tanong ko kay Sensui.

"H-Huh?? What do you mean!?"

"Hindi ba weird rin yang pinagdadadrama mo dyan??" pigil ang tawang sabi ko at saka ako ngumisi. **"Tsk tsk tsk. *Ano* kayang sinabi mo sa Daddy ko at ganyan na lang ang gulat mong malamang mag-Ama kami? Parang gulat na gulat ka e. Bakit kaya?"** tanong ko at hindi naman agad siya nakasagot, takot siyang napatingin kay Dad at saka muling tumingin sa'kin. **"Hindi kaya---"**

"W-Wala! Wala akong sinasabi sa kanya!"

"E bakit parang meron?"

"W-Wala nga s-sabi e---"

"Edi wala. Pwede namang sumagot ng simpleng *wala,* sumisigaw pa. Tsk tsk." pang-aasar ko pa sa kanya. Magsasalita na sana siya ng biglang..

"Hoy Enrile!"

Sabay sabay kaming napalingon sa ibaba ng kinatatayuan naming part ng bench.

Si TOB.

"T-Tob." mahinang tawag sa kanya ni Sensui at umakyat naman si Tob sa bench.

"Anong ginagawa mo pa dito!? May laro tayo oh!" inis na sabi niya kay Sensui na tinuro pa ang relos niya at saka bumaling sa'min. **"Hi Max! Hehehehe! Congrats!! You look cool out there!"**

"Thanks Tob."

"Wow ngayon mo lang ako tinawag sa pangalan ko ah!?"

Seryoso!?

"Daddy mo!?" biglang tanong niya habang nakatingin kay Dad.

"Mmm." tatangu-tangong sagot ko.

"Ahh talaga?!" nakangiting tanong ni Tob at tinanguan ko naman agad siya.

"E bakit si Tob napansin agad?" seryoso kunwaring tanong ko habang nakaturo pa kay Tob at medyo nagulat naman si Sensui sa tanong kong yun.

"E-Eh sa hindi ko n-napansin e---"

"Tsk tsk dre, magkamukhang magkamukha oh?? Heheheh."

"S-Shut up Tob!" mahinang sigaw ni Sensui sa kanya at mayabang na tinanguan lang siya ni Tob saka muling bumaling kay Dad.

"Ahh hello Sir. I'm Tobi Yanai, Tob for short hehehe."

"You can call me More."

"Wow, cool! Hi Sir More, hehehe."

"W-Wag ng Sir hehehe. More nalang."

"Wow! Cool! Sige sige. More! Hehehe! More Pein! More!"

Abnoy ring tunay tsk tsk.

"Grabe ang galing mo dun hahahaha! Andami tuloy bumilib sa'yo kanina! Wala na yatang gustong lumaban ng billiards sa'yo! Natakot lahat hahaha!"

"H-Hehehe."

"Kailan ang sunod na laban mo?"

"A-Ahh si Naih ang sunod---"

"Ahh talaga!?! Sige sige panonoorin rin namin siya hehehe."

"S-Sige hehehe."

"Manood rin kayo ng game namin ah!? 10am kami hehe. Kaya sinusundo ko na 'tong si Enrile kasi hindi kami pwedeng ma-late hehe."

"S-Sige sige."

"Oh!? Tara na dre! Psh! Boring pala ah!? Hahahaha! Loko!" baling ni Tob kay Sensui.

"M-Manahimik ka ah!?" mahinang sabi ni Sensui sa kanya pero dinig ko naman.

"Hahahahaha!" tinawanan lang siya ni Tob at saka muling bumaling sa'min. **"A-Ahh More si Deib po ba nakilala niyo na? Hehehehe.."**

"Ahh yeah pinakilala siya sa'kin ni Pein."

"Nice hehehe. Kilala mo na pala Daddy ni Max e hehehe."

"M-Manahimik ka nga Tob, hindi ko nga napansing mag-Daddy pala sila e."

"Titignan mo kasing pareho dre, wag yung sa isa ka lang nakatingin! Tsk tsk."

Lakas rin mang-asar neto e, kung hindi lang talaga sila nagliligawan ni Michiko, naisip kong mas bagay sila ni Naih e.

"Tara na nga! P-Puro ka kalokohan dyan!" halatang inis ng yaya ni Sensui sa kanya.

"Hahahaha! Ako pa puro kalokohan!? Baka ikaw! E kasi boring nga di ba?! Boring dre e. Boring---"

"Halika na sabi e!"

"Okay! Hahaha!" sigaw ni Tob habang nakarang pa ang dalawang kamay at saka muling bumaling samin. **"It was really nice meeting you More hehehe. Max, hehe congrats ulit."**

"Salamat." sagot ko.

"Apir!"

****APIR!****

"Oh, manood kayo ng laro namin ah!? More, nood po kayo ah!? Max."

"Oo sige sige."

"Naks! Aasahan ko yan ah?"

"H-Hehehe sige goodluck, galingan yo."

"Sige! Salamat! Tara Enrile!"

"Tch! Ang daming sinasabi---"

"Sus! Wag ka ng tumanggi at lucky charm mo yan." mahinang sabi pa ni Tob pero dinig ko pa rin..

"Tara na nga!"

"Tara tara hehehe ang pikon mo." mahinang sabi pa rin ni Tob sa kanya habang pababa na sila mula sa'min. **"Max! More! Nood kayo ah! Hihintayin namin kayo!"**

"S-Sige." pahabol na sagot ko at kumaway naman siya sa'min at tinanguan nalang siya ni Dad.

Sabay kami ni Dad na tinanaw pa silang dalawa habang papalayo sa'min. Nakangiti pa rin si Dad samantalang ako ay nagtatakang napatingin sa kanya.

"What's up with you and that Enrile??" nakangiting tanong ni Dad at medyo nagtaka naman ako sa tanong niya. Napatingin ako kay Sensui na

halatang nagmamaktol pa rin habang naglalakad kasabay si Tob.

Ako at si Enrile? Mmm, okay naman na siguro. Nakakatamad na rin siyang patulan e.

Nangingiting sabi ko sa isip ko.

"We're good, may pagkaisip bata siya pagdating sa'kin but we're good."

"May pagkaisip bata? Hahaha, bakit mo naman nasabi iyon?"

"He's childish, immature. He's callow, and puerile, also silly and naive----lahat ng may kinalaman sa pagiging isip bata nasa kanya. Tss. Bakit nga ba kausap mo yun??" takang tanong ko na tumingin pa sa kanya at nagkibit-balikat naman siya sa'kin.

"Tumabi siya sa'kin e.

"Tumabi sa'yo?" takang tanong ko.

"Mmmm."

Bakit naman kaya siya tumabi kay Dad? Mmm, baka nagkataon lang.

"Pero kilala mo siya?" takang tanong ko pa rin.

"Mmm. Una ko siyang nakita ay nung libing ng Daddy ni Randall." seryosong sabi ni Dad at medyo nagulat naman ako.

"Ahh talaga?"

"Mmm, nakatingin pa nga siya sa'yo nung una ko siyang nakita hahaha!"

"Nakatingin? Sa'kin?"

"Oo, sa inyong dalawa ni Randall hahaha."

"Tss sabagay. Hindi na bago sa pandinig ko yan at madalas ko naman siyang makitang nakatingin sa'kin."

"Edi tinitignan mo rin pala siya?"

"O-Oo naman Dad."

"Edi napapansin mo rin siya?? Hahaha."

"Tss malamang."

"Mmm, interesting."

"Ang alin na naman??" pigil ang inis na tanong ko.

"Hahaha yung friendship niyo."

"We're not friends."

"But you're *good,* hahaha!"

"Yeah right Dad." sarkastikong sagot ko at tumawa naman ulit siya.

Hindi ko na napansin at napatingin ulit ako kay Sensui na nasa team mates na niya. Nakatayo siya at nakatalikod sa'min habang kausap yung

team nila.

"Manonood ka ba ng laro niya?" tanong bigla ni Dad at napatingin naman ulit ako sa kanya.

"Siguro. Wala naman na akong gagawin e."

"Isama mo yung friends mo. Sabay tayong manood." sabi ni Dad at nilingon ko naman yung pwesto nila Naih pero wala na sila don.

Hindi man lang ako pinuntahan. Loko talaga.

"Nasa Canteen daw sila Maxwell kasama niya si Maxrill. Mauuna na ako sa Court para makakuha ako ng upuan natin." nakangiting sabi pa ni Dad at tinanguan ko naman siya at pinanood hanggang sa makalayo.

Tss..

Ang totoo ay hindi ko alam kung bakit napapadalas ang pagbibiro sa'kin ni Dad.. Una tungkol sa pananamit at itsura ko ngayon. Pangalawa ay kay Sensui. Hindi nya pa kasi ginawa yung sa'kin noon kahit kami na ni Randall. Hindi siya against pero hindi rin siya nagpakita noon ng support.

I mean, mahirap ipaliwanag e. Pero nung kami pa ni Randall, hindi pinapakita ni Dad na against siya sa relasyon namin ni Randall. hindi niya rin naman kami sinusuportahan. Kasi tuwing makikita niyang malungkot ako at icocomfort niya na lang ako bigla, without asking kung ano bang pinagdadaanan ko. Basta, mahirap siyang ipaliwanag. Masyado kasing tahimik ang Daddy ko at hindi lahat ng kilos at galaw niya ay mababasa mo.

Tumingin pa ako sa pwesto nila Sensui saka ako tuluyang bumaba sa bench at naglakad papunta sa Canteen para sundan sila Maxwell at Maxrill. At habang naglalakad.

"Yie idol!"

LUNOK!

"A-Ahh hehehe hello." hiyang hiyang sagot ko.

"Idol ka namin grabe! Anggaling mo!"

"SSalamat."

"Waaaa si Maxpein!"

"Charm! Dalian mo nandyan si Maxpein!!"

"Waaaa Ash!! Look! Si Pein!"

"Oh my gosh! Idol! Idol na idol ka na namin!"

"Salamat hehehe."

"Kailan ang susunod na laro mo idol?"

"H-Hindi pa naiaannounce e hehehe."

"Papanoorin ka namin ulit hehehe."

"Oo papanoorin ka namin!"

"Galingan mo pa idol ah!?"

"Oo nga idol! Talunin mo ang SIS at LU! Pati ibang universities and schools!"

"H-Hehehehe, salamat salamat."

"Taga-BIS nga pala kami idol! I'm Charm!"

"I'm Loryvic! Yie!"

"Kya I'm Krismaaa!"

"Hi idol I'm Katrina Joy!"

"A-Ako idol! Ako si Colenee!"

"Idol ako naman si Johana! Yie! Idol na idol ka namin!"

"Hindi nga ako magaling sa pangalan e! Waaaaa!!"

"A-Ahh hehehe, salamat salamat. Sana mapanood niyo rin si Naih, siya ang susuno na maglalaro---"

"Oo naman!"

"Sige idol! Papanoorin namin siya!"

"Ichi-cheer rin namin si Naih idol!"

"Oo nga kasi alam naming magaling rin siya!"

"H-Hehehe. Salamat." sabi ko na medyo nag-uumpisa ng maglakad dahil baka naman hindi ako makaalis sa dami nila. Mabilis akong naglakad papunta sa Canteen.

KEV'S POV

Hi!

I'm Kev Gonza of Luna University.

Hindi na ako magpapakilala masyado dahil makikilala nyo rin naman ako, abang abang lang hehe.

Interhigh. Ano nga ba ang inaasahan ko sa INTERHIGH?!

Chicks.

Money.

Fame.

Fans.

Incentives.

Tsk!

Lahat talaga yan ay inaasahan ko matapos nitong interhigh na 'to. Kaya naman excited ako sa pagdating sa araw na 'to.

Pero hindi ko inaasahang kung paanong nauna sa listahan ko ang *chicks* ganon rin kabilis kong mapapansin ang isang chic na.

Cool.

Maangas.

Maporma.

Astig.

Tsk tsk tsk.

Hindi ko siya kilala pero interesado akong makilala siya.

Mula pa kanina sa BIS ay napansin ko na siya.

Isa siya don sa mga sumasayaw sa Opening Remarks sa BIS.

At hindi ko inaasahang isa rin siya sa mga represenatatives ng Billiards from BIS.

Matapos nung laban nya with Samantha ng SIS ay nakita ko siyang lumabas ng venue at naglakad sa kung saan. Kaya naman mabilis ko siyang sinundan at dahil mukhang papunta siyang Canteen ay inunahan ko na siyang maglakad.

Pero bago pa man siya tuluyang makarating sa Canteen ay hinarang na siyang ng mga babae at mangilan ngilang mga lalaki para batiin siya.

"Idol ka talaga namin!"

"Ang galing mo!"

"Ang astig mo don Pein!"

"Oo nga grabe!"

Mula sa kinatatayuan ko ay dinig na dinig ko ang mga papuri ng mga kapwa estudyante nya sa kanya. Base sa uniporme'ng suot nila ay magkaka-schoolmates sila.

Pein. Max. Maxpein. Hahahaha! Pangalan pa lang. cool na cool na.

Halatang naiilang at nahihiya siya habang kausap ang mga students na lumapit sa kanya para batiin siya. Halata rin sa kanyang sinusubukan niyang umiwas sa kanila para makapunta na siya dito sa Canteen.

Mula pa talaga kanina ay hindi ko na inialis ang paningin ko sa kanya.

INTERESADO ako sa pagkatao niya at lalong lalo na sa kanya.

Ilang oras ko pa lang siyang nakikita pero pakiramdam ko ay nalaman ko na ang ilan sa mga personalidad niya. Mukha siyang tahimik at seryosong tao. Hindi mo madalas makikita ang expression at reaction ng mukha niya dahil kadalasan ay nananatili itong blangko.

Cold personality.

Pero hindi siya tulad ng ibang cold persons na mukhang masungit. Mukha naman siyang okay. Pero ang angas ng dating niya. Siya yung nakakatakot hindi dahil masungit siya. Siya yung nakakatakot dahil mukhang marami siyang kayang gawin.

Nakakachallenge.

Nakatingin ako sa kanya mula pa kanina hanggang sa ngayong sinusubukan niyang takasan yung grupo ng estudyanteng lumapit sa kanya. At sa wakas ay nakaalpas siya sa kanila at nagmamadaling maglakad papunta sa pwesto ko.

Kaya naman bago pa siya tuluyang makapasok ay..

"Hi."

Nakangiting bati ko sa kanya habang iniharang ko pa ang katawan ko sa lakakaran niya dahilan para mapahinto siya at takang mapatingin sa'kin. Mula sa paanan ko ay iniangat nya ang paningin niya sa'kin.

"I'm Kev. Kev Gonza from Luna University." pakilala ko habang iniaabot ang kamay ko sa kanya.

Nakatingin lang siya.

Ano ba 'to!? Nagulat o wala lang talaga siyang pakialam!? Tsk!

"A-Ahh. Sana hindi mo masamain ang pakikipagkilala ko. "

"At sino ka naman?" biglang tanong niya.

Hindi agad ako nakapagsalita dahil nagulat ako sa laki ng boses niya samantalang walang bahid ng kung ano mang emosyon ang tono ng pananalita niya.

Ganito ba talaga isya kawirdo!?

Hindi man lang nagbago ang ekspresyon ng mukha niya at parang wala siyang pakialam sa presensya ko. Alam mo ba yung pakiramdam na nakangiting siya sa kawalan pero sa'kin siya deretsang nakatignin!? Yun ang pakiramdam ko ngayon.

"A-Ahh hahaha! I-I'm Kev Gonza. I'm f-from Luna University---yung bagong University dyan sa tabi? G-Gusto ko lang sanang magpakilala sa'yo." derederetsong sabi ko at wala pa ring nagbago sa mukha niya.

Nakakainis na ah! Nagpapakilala na nga e!

Hindi pa rin siya nagsasalita at nananatiling nakatingin sa'kin. Unti-unting kumunot ang noo niya at mas lalo siyang tumitig sa'kin.

"A-Ako lang naman si Kev Gonza, taga-Luna University ako." pag-uulit ko.

Ano bang nangyayari sa'kin!? Hindi naman ako ganito! Umayos ka nga Kev! Hindi ka naman ganyan!

"Oh e ano naman?" malumanay pa ring tanong niya.

E ano naman!? Anak ng teteng. Anong e ano naman!?

"A-Ahh hahaha, gusto ko nga lang sanang magpakilala sa'yo."

"Okay." sarkastikong sagot niya at hindi agad ako nakasagot.

"H-Ha?" tanong ko.

"Sabi mo gusto mong magpakilala?" salubong ang kilay na tanong niya.

"Ha?? O-Oo nga. Sabi ko nga, ako si Kev Gonza---"

"Oo nga ikaw nga si Kev Gonza---ng Luna University at gusto mong magpakilala, nakapagpakilala ka na at nakaapat na beses ka pa---oh e ano pang kelangan mo!?"

What the heck!? Ganito ba talaga siya!?

Hindi agad ako nakapagsalita at aaminin kong bumilib ako sa lakas ng loob niyang sabihin ng deretso sa'kin yun. Ang isang tipikal na babae ay mahihiya o kung ano man ang ipapakita sa isang lalaking nagpapakilala. Pero iba siya. Sa nakikita ko ngayon ay talagang wala siyang interes sa'kin.

Pa-hard to get. My type.

Kaya naman nung makarekober ako ay agad akong tumingin ng deretso sa mga mata niya at saka ngumiti.

"Nakilala mo naman pala ako e. Bakit hindi ka pa nagpakilala?" nakangising tanong ko.

"Tss. Ang sabi mo, gusto mong magpakilala, wala kang sinabing gusto mong makipagkilala. Magkaiba yun. Alam mo ba!?"

Wow. Ang yabang!

"A-Ahh hahaha sorry. So pwede ka bang m-makilala? Hehehe---"

"Hindi."

"H-Ha?? B-Bakit hindi!?"

"Ano bang kailangan mo??" halatang inis na tanong nya at nakaramdam rin ako ng inis.

"M-Masama bang makipagkilala sa'yo!?" inis ring tanong ko.

"Masama rin bang hindi makipagkilala sa'yo!?"

What!?

"Tss pwede ba totoy, umalis ka nga sa harap ko at wala akong oras makipaglaro sa'yo.."

Ano daw!? Totoy!? Totoy!?

"A-Anong t-totoy?? Sinong totoy!?" inis na tanong ko at hindi naman siya sumagot. Nakalamukos ang mukha niya na iniiwas pa ang paningin niya sa'kin bago pa muling tumingin sa'kin. **"A-Ang yabang mo ah! N-Nagpapakilala lang ako say---"**

"Nakapagpakilala ka na e? Ano pa bang sasabihin mo?"

"W-Wala na---"

"Wala naman na pala e. Sige na sige na, hindi ako matandain sa pangalan kaya wag ka ng mag-aksaya ng oras mo sa'kin." sabi niya at saka umastang lalampasan ako pero humabol ako sa kanya.

"S-Sandali!" matigas na sabi ko at...

dO__Ob

Hindi ko napansing napahawak ako sa braso niya.

Salubong ang kilay na ibinaba niya ang paningin niya sa pagkakahawak ko sa braso niya at tumingin muna siya sa'kin bago niya yun hinila.

"Ano bang kailangan mo sa'kin!?" matapang na tanong niya.

"Pwede ba!? Wag ka ngang masyadong maarte!? Maswerte ka nga at naglakas loob pa akong makipagkilala sa'yo e! Nakikita mo ba yung mga babaeng yun!?" turo ko sa grupo ng kababaihan na kanina pa sunod ng sunod sa'kin. **"Lahaaat sila ay gustong makipagkilala sa'kin."** mayabang na sabi ko at binigyan ko pa siya ng matamis kong ngiti. **"Pero ikaw ang nakakuha ng atensyon ko. Maswerte ka dahil ikaw ang gusto kong kilalanin at hindi sila."** nakangising sabi ko pero hindi agad siya sumagot.

Nginisian niya lang ako saka nilingon yung grupo ng mga babaeng itinuro ko sa kanya.

"Maswerte ako?" nakangising tanong niya habang nakaturo sa sarili. Nakangiti naman akong tinanguan siya.

"Pwes, malas mo dahil hindi ako interesado sa'yo. Dahil kung gusto kitang makilala, edi sana sumama na ako sa kanila?!" halatang inis na tanong niya habang isinenyas pa yung grupo ng mga babae.

"A-Ano?!"

"Tss sinasayang mo ang oras ko. Alis!" sabi niya at saka nilampasan ako.

Nakanganga akong sinundan siya ng tingin hanggang sa tuluyan siyang makapasok sa Canteen. Bahagya pa akong pumasok para makita kung saan ang punta niya.

Mayabang ka ah?! Pero yan ang gusto ko sa babae. Hindi easy to get! Hahaha! Yari ka talaga sa'kin! Makukuha rin kita!

EVIL SMILE!

Lumapit siya sa dalawang lalaki.

'Sino naman yung mga yun!?'

Nag-uusap-usap sila at tumatawa yung dalawang lalaki pero wala pa ring nagbabago sa ekspresyon ng mukha niya. Nananatiling blangko ang mukha niya habang kausap yung dalawa na may pa-akbay akbay pa sa kanya habang tinatapik tapik ang balikat niya.

Mula sa kinatatayuan ko ay medyo may kalayuan sa pwesto nila kaya naman hindi ko dinig ang pinag-uusapan nila pero mukhang nag-eenjoy naman yung dalawang lalaki kausap siya kahit siya ay hindi man lang nagbago ang itsura simula kanina.

Bakit ganon siya?! Ang weird!!! Pero interesting hehehe.

"Hoy Kev!"

Napalingon ako sa tumawag sa'kin.

Si Jermayne Orquiza**.** Team mate ko.

"Oh!?" inis na tanong ko.

"Anong ginagawa mo pa dyan!? Kumpleto na dun ang BIS at ikaw na lang ang kulang sa'tin!"

"Tsh! Sinundan ko kasi yung babaeng sinasabi ko sa'yo kanina e."

"Yung chubby!?" natatawa pang tanong niya.

"Oo hehe."

"Hahahaha! Oh ano?! Kinausap ka ba?!" tanong niya pero hindi ko agad siya sinagot. Liningon ko muna ulit yung babaeng yun at saka muling tumingin kay Jermayne.

"Oo kinausap ako pre."

"Hahaha astig! Ano?! Nalaman mo ba yung pangalan ha?! Nagpakilala ba ha!?"

"Hindi e."

"Ha!? Ang hina mo naman pre!"

"Tae! Ang sungit e!"

"Oh anong sabi?!"

"Wala daw siyang pakialam sa'kin!"

"Ano!?" hindi makapaniwala at natatawang tanong niya.

"Oo! Pakshet! Sa dami ng babaeng nilapitan ko siya pa lang ang nagpakita ng kawalang ng interes sa'kin! Tsh!" inis na sabi ko at muling

liningon ang babaeng yun. **"Mayabang siya at maangas ang pananalita niya! Nagpapakumbaba ka na't lahat, inaangasan ka pa."** nakangising sabi ko. **"Hindi magtatagal at mahuhulog ka rin sa mga kamay ko---"**

"Sus! Ni hindi mo nga nalaman ang pangalan e hahahaha!"

"Tsh! Alam ko ang pangalan niya!"

"Oh?! E paano mo nalaman e hindi naman kamo nagpakilala sa'yo!?"

"E-Eh kanina kasi naririnig kong isinisigaw nung mga nanonood sa kanya e. Pein. Maxpein. Max. Taguro."

"Taguro?!"

"Oo. Taguro..Hindi mo ba narinig?!"

"Hmmm, parang me nadinig nga ako."

"Ayun, hindi ako 100% sure kung siya nga yung mga pangalang isinisigaw na yun pero isa lang ang sigurado ako, isa sa mga yun ay pangalan nya hehe."

"Wala ka pa rin pre! Hindi mo pa rin siguado ang pangalan hahaha! Weak ka pre! Weak!"

"Tsh! Wag kang magsalita ng tapos pre! Sinasabi ko sa'yo, hindi matatapos 'tong araw na 'to ng hindi ko nakikilala yung babaeng yun!"

"Hahahaha! Hindi na ako makikipagtalo sayo Kev dahil kilalang kilala na kita hahaha!" sabi pa niya at nginisian ko naman siya habang nililingon lingon pa yung babaeng patuloy ang pakikipag-usap don sa dalawang mukhang mayayamang lalaki. **"Tara tara! Magstart na tayo. Hinahanap na tayo ni Coach kanina pa e."**

"Tara." nakangiting sabi ko at saka sumunod sa kanya.

Pagpasok namin sa Court.

"Woooh! Ang gugwapo!"

"Waaaaa! Hindi ko akalaing ganyan kagagwapo ang players ng LU!"

"Grabe ang popogi nila no?"

"Oo nga waaa ang tatangkad pa yiiieee!"

"Grabe bagay na bagay sa kanila ang uniform nila!"

"Sinabi mo pa!!"

"Weee love you Luna!"

"Go Luna!"

"Let's go Luna!"

"Luna for the win!"

Nakangiti akong kumaway sa mga babaeng nagtitilian sa side na dinadaanan naming.

"Waaaa!"

"Kinawayan niya ako!"

"OMG! Kev Gonza just smiled at me!"

"He's looking this way!"

"Kyaaah!"

"Yaaaaa!"

"Waaaaa!"

"Go Kev!"

"I love you Kev!"

"Marry me Kev!"

Hindi na uy, may nakita na akong makakabuo sa puso kong durog hehehehe.

Muli akong kumaway sa kanila at nagmadaling maglakad papunta sa team namin.

"Saan ba kayo naggaling Kev!?" inis na tanong ni Coach.

"S-Sorry Coach, hindi ko naiwasan yung mga chic kanina e, h-hinarang ako." nakangiting pagsisinungaling ko.

"Puro pambababae ang inaatupag mo! Nandito tayo para maglaro at hindi para maghanap ng babae!"

"S-Sorry Coach."

"Sit down!"

"Yes Coach!"

"Hahaha! Hinarang pala ah!? Ulul!" bulong sa'kin ni Jermayne.

"Pasikat lang hahaha." bulong ko rin sa kanya at saka kami umupo.

"Okay Team listen. Ito ang unang beses na makakasali tayo sa interhigh ng buong Laguna." matapang na sabi ni Coach at nakinig naman kaming lahat sa kanya. **"At BIS ang makakalaban natin sa unang laro na gagawin natin bilang Luna University."**

"BIS yung nanalo sa billiards kanina Coach di ba?" tanong ni Jermayne.

"Yes Jermayne." sagot ni Coach sa kanya. **"At sila ang defending Champion---overall!"**

"Yes, sila ang defending Champion at hindi ko inaasahang sila agad ang makakalaban natin sa ngayon. Ang dinig ko ay magagaling silang

magsipaglaro at talagang determinadong manalo at mas determinadong makuhang muli ang kampyonato. Pero magpapatalo ba tayo!?"

"No Coach!"

"Very good. Hindi tayo magpapatalo---hinding hindi tayo magpapatalo. Tandaan niyo, ngayon lang tayo makakasali sa interhigh kaya kailangan nating galingan ang performance natin!"

"Yes Coach!"

Marami pang sinabi si Coach pero hindi ko na siya napakinggan pa. Inaalala ko kung sino sa mga nakita kong nakauniform kanina ang BIS!?

Sino nga ba sa kanila?! Imposible namang yung mga naka-pink!? Ang cheap naman ng kulay nila?! Tsh!

"Waaa!"

"Kyaaaaaa!"

"OMG!!! Ayan na sila!"

"Yaaaaaaa!"

Napalingon kaming lahat ng biglang umingay ang buong court at magtilian ang mga babae. May mga nagpupukpok pa ng kung anong gumagawa ng ingay at may mga nagsisipagpadyakan sa bakal na bench na kinauupuan dahilan para makaragdag ingay.

Nakita namin ang grupo ng basketball players na papalapit sa'min.

Sila na ba yung BIS!?

Hindi ko inalis ang paningin ko sa kanila at napansin kong kahit ang team mates ko ay nakatingin sa kanilang lahat. Nasa unahan nila ang halata namang Coach nila at ngiting ngiting naglalakad pasalubong sa Coach namin.

Nakangiti naman siyang sinalubong ni Coach Es at nagkamay sila.

~TEN TENEN TEN TENEN!! TEN TENEN TEN TENEN! TENENENENEN! TENENENEN!!~

Malakas na tumugtog ang mga drummers at mas naghiyawan ang mga babae.

"Waaaaa!"

"Let's go BIS!"

"Go! Go! Go! BIS!"

"Waaa we love you BIS!"

"We can do it BIS!"

"BIS for the Champion!"

"Champion na yan malamang!"

"Goooo Lee! Love love!"

"Goooo Tobi the flash!"

"OMG!!! Let's go Deib the MVP!"

Ang iingay! Tsk!

Inis akong tinignan yung tatlong nasa unahan.

Tsh pakyut ang mga loko.

Walang humpay ang pag ngiti at pagkaway nung pinakamaliit sa kanilang tatlo at yung dalawa naman ay nananatiling nakatingin sa Coach nila at kay Coach Es habang nag-uusap.

"Pucha pre, tignan mo yung mga sapatos nila. Ang-astig!" manghang sabi sa'kin ni Jermayne at napatingin naman ako dun sa pa nung tatlong nasa unahan.

Lahat sila ay pare-pareho ng sapatos at talagang branded basketball shoes ang suot nila.

Samantalang kami ay mga Class A basketball shoes lang ang gamit at magkakaiba pa.

Mga bigtime.

"May mga alalay pa ang mga loko." muling bulong ni Jermayne at saka ko naman napansin yung mga mukha rin namang students na nasa likuran at tagiliran nila.

Mga may dalang water jug yung mga lalaki at yung iba ay may mga dalang energy drinks at kung anu-ano pang mga juice. Mga may dala dalang towels, shirts and jackets naman yung mga babae at ang iba pa sa kanila ay may mga banners ring hawak.

Ang aarte!

Napakarami nilang dala samantalang kami ay wala maski isa.

Tinignan ko sila isa-isa at napahinto ako dun sa lalaking pinakamatangkad sa tatlo. Lahat sila ay may mga kneepads, wristband at nike headband pa.

"Hanep sa dami ng support gear pre, iba na ang bigtime." bulong ni Jermayne at ngumiti naman ako sa kanya.

"Wala sa gamit yan pre, nasa performance yan. Kung kumpleto nga sa gamit, weak naman. Anong mapapala nila?! Hahaha!" sagot ko.

"Hahaha! May point ka pero mahirap magyabang, si Coach na rin ang nagsabi sila ang defending Champion at ang dinig ko pa ay ito narin daw ang last term nila as BIS players."

"Oh?!"

"Oo. Kasi lahat sila ang Senior students."

"Edi kapareho lang pala natin sila?!"

"Mmm. Meaning, kapareho lang natin silang determinadong ipanalo."

"Tsh! Mas lamang tayo sa determinasyon pre. Dahil ito ang una't huling beses na makakapaglaro tayo dito sa interhigh na 'to, kaya naman, hindi tayo pwedeng matalo." nakangiti munit seryosong sabi ko sa kanya at nginitian niya na lang ako.

Eksaktong pagtingin ko ulit don sa pinakamatangkad sa tatlo ay nakatingin na siya sa'kin.

Anong itini-tingin tingin neto!?

Nakatingin siya sa'kin habang salubong ang dalawang kilay niya.

Tumayo ako at nakipagtitigan sa kanya.

Pero niyaya sila agad ng Coach nila at naglakad na sila papunta sa kabilang bench.

"Waaa!"

"Wee love you Deib!"

"Go Deib!"

"ENRILE!"

"Kyaaa!"

"Gwiyomi!"

Who the heck is that!?

Inis akong napatingin kay Coach at bakas sa mukha niya na hindi siya okay.

"M-May problema ba Coach!?" dinig kong tanong ni Jermayne kay Coach.

"B-Bawal daw ang walang kneepad." malungkot na sagot ni Coach.

"Ano?!" kaming lahat.

"Oo, bawal daw ang walang kneepad at yun daw ang sabi nung committee at nung mga referee."

"Paano yan Coach!?"

"Hindi ko alam."

Tumayo ako at lumapit kay Coach.

"Edi anong mangyayari sa'tin ngayon Coach!? Kung hindi pwedeng walang kneepads?! Sana sinabi na nila nung umpisa palang edi sana nakapagsolicit tayo para don!" inis na sabi ko.

"Yun nga e, sabi ko dun sa Coach nung kabila ay sana may nakapagsabi man lang satin."

"Malaking problema 'to."

Kasalukuyan kaming nag-uusap usap ng biglang lumapit samin yung matangkad kanina ang referee.

"Sir." si referee.

"Sir. Ako si Coach Es ng LU, may maliit kaming problema. Ang sabi sa'min ni Coach Dy ng BIS ay hindi daw pwedeng walang kneepad?!" halatang inis na tanong ni Coach at nakinig naman ako sa kanila.

"Ayun nga Coach, wala bang nakapagsabi sa inyo na kailangang may support gear ang players niyo?" tanong ni ref.

"Wala! Kung may nakapagsabi edi sana ay nakapagprovide kami!?" inis namang sagot sa kanya ni Coach.

"I'm sorry pero hindi wala kaming alam dyan."

"Aba hindi pwede ang ganon! Ano na lang ang mangyayari sa'min ng team ko!?"

"Hindi ba kayo nakatanggap ng letter?!"

"Anong letter?!"

"Ahh, nagpadala ang Sports Committee ng notice and letters ng kung anu-ano ang kailangan at rules and regulations para sa event na 'to. Nakakapagtaka naman na hindi kayo nakatanggap ng ganoon??"

"W-Wala kaming natatanggap na ganyan!" sabat ko.

"Ang daya naman Sir." sabat ni Jermayne na hindi ko napansing nakatayo na rin pala sa tabi namin.

"Wala na tayong maga---"

"Excuse me."

Napalingon kaming lahat sa nagsalita at bahagya pa akong nagulat ng makita ko yung lalaking pinakamatangkad sa BIS.

"Coach. Eto na lang muna ang gamitin niyo." sabi niya habang iniaabot ang ilang kneepads kay Coach. **"Extra kneepads namin yan at lahat naman kami ay meron na. Lima lang naman ang papasok sa court kaya lima lang yan. Yan lang kasi ang available sami----"**

"Hindi na!" inis na pigil ko sa kanya at natigilan naman siya at medyo salubong ang kilay na napatingin sa'min. **"Walang nakapagsabi sa'min na kailangan pa palang magsuot ng ganyan! Kung may nagsabi edi sana nakapaghanda kami!?"**

"Kev." awat ni Coach.

"Hindi na namin problema yun." seryoso munit may bahid ng kayabangang sagot niya.

"Ano kamo!?" inis na tanong ko.

"If you're unable to provide your own, that's no longer our problem. Nandito ako para lang ipahiram 'tong mga extra'ng kneepads namin."

"A-Ang yabang mo ah----!!!"

"Kev!"

Hindi na ako nakapagsalita at medyo napapahiyang napatingin kay Coach nung isigaw niya ang pangalan ko,

"T-Thank you." sabi ni Coach dun sa matangkad.

"Welcome Coach." nakangiting sagot naman niya.

Hambog!

"Ako si Coach Es ng LU."

"I'm Deib Enrile of BIS. Coach." pilit ang ngiting sagot naman niya.

Kung ganon, ikaw pala yung Enrile'ng isinisigaw nung mga babae kanina!? Tsh!

"Salamat, ayos lang ba sa inyong hiramin namin ang mga 'to?"

"Mmm yes Coach. Si Coach ang nagpapabigay nyan."

"Ahh ganon ba?"

"Yes Coach."

"Salamat, pakisabi na rin sa Coach niyo na maraming salamat."

"Welcome Coach. Makakarating sa kanya."

"Sige, isasauli na lang namin matapos ang interhigh."

"No need Coach." nakangiting sagot na naman nitong Enrile.

"Hindi namin kailangan yan kaya naman isasauli namin yan matapos ang game na 'to." pigil ang inis na sagot ko. **"Bibili kami agad bukas na bukas para maisauli namin agad yan sa inyo."**

"Okay, it's your choice." mayabang na sagot niya at nakangiting tinanguan si Coach at saka tumalikod sa'min at naglakad pabalik sa mga kasamahan niya.

"Ano ka ba Kev!?" halatang inis na baling sa'kin ni Coach. Hindi ko naman siya sinagot at nanatili akong nakatingin don sa mayabang na Enrile'ng yun. **"Mabuti nga at pinahiram pa tayo e! Dahil kung hindi ay maaaring hindi tayo makapaglaro!"**

"Tsh! Badtrip naman kasi 'tong sportsfest na 'to napakaraming arte!"

"Wala tayong magagawa dahil baguhan lang tayo dito, kailangan nating sumunod sa patakaran nila."

"Bulok ang patakaran nila!"

"Ehem." sabat ni ref. **"Mag-uumpisa na tayo in 10 minutes. Mauna na muna ako sa inyo."** seryosong sabi niya at saka lumayo sa'min.

Nakakainis!

"Kev, huminahon ka." si Coach. **"Kailangan nating makisama sa kanila dahil tayo ang bago dito. Nakakalimutan mo na ba ang adjustments na ginawa ng BIS para sa'tin!? Nagpalit sila ng uniform para lang makapagprovide tayo ng uniform sa kulay na gusto natin dahil hindi kaya ng budget natin ang kulay na iba sa nakararami!"**

"Oo nga Coach pero hindi mo ba napapansin!? Parang iniipit nila tayo! Nung una ay tungkol sa pagpapalipat ng Luna para maging university! Hindi ba't BIS at SIS ang unang kumwestyon dun!? Bakit daw gagawing unibersidad ang Luna samantalang napakarami nating bagsak sa performance at requirements. Pangalawa ay yung pagpapapadala nila ng letters tungkol sa mga nanggugulong students ng Luna sa mga students ng BIS na hindi naman nila napatunayan kung sino. Pangatlo ay yung sa uniform at pang-apat na 'to! Talagang gumagawa sila ng paraan para madisqualify tayo!" inis na sabi ko at hindi naman agad nakasagot si Coach. Huminga muna siya ng malalim at saka lumapit sakin at hinawakan ako sa balikat.

"Kumalma ka Kev. Kaya nga tayo nagpractice ng todo para makapaglaro ng maganda ngayon hindi ba?! Wala tayong ibang pwedeng maging ganti sa kanilang lahat kung hindi ang pagiging kampyon sa laro'ng 'to---"

"Tsh paano pa tayo magiging Champion!? Nakita nyo ba yung billiards kanina!? Anggagaling ng players nila! Wala naman tayong ganon kagagaling na manlalaro sa larangang yun!"

"Pero hindi sa basketball."

Natigilan ako.

"Naniniwala akong mas magagaling kayong magbasketball kumpara sa kanila." nakangiting sabi ni Coach at natigilan naman ako.

"Oo nga naman Kev." sabat ni Jermayne. **"Tulad nga ng sabi mo, aanhin mo ang kumpletong support gear kung weak ka naman sa basket?! Hahahahaha! Kamla lang pre, makakalamang rin tayo..**

"Tama si Jermayne, di bale ng salat tayo sa kagamitan. Ang mahalaga ay mahusay tayo sa laro." si Coach.

Naiinis pa rin ako pero nakuha ko ang punto nila. Tama nga sila. Hindi dapat ako nagpapadala sa mga naiisip at napapansin ko. Mas kailangan kong magfocus sa laro at kailangan kong kumilos para manalo kami.

"Makinig ka. Yung lumapit na yun sa'tin na nagpakilalang Deib Enrile, siya ang MVP ng team nila at ng BIS for three consecutive years. At hindi daw malabong siya muli ang maging MVP sa taong 'to. Sa madaling salita Kev. Siya ang makakabangga mo." mahabang paliwanag ni Coach at napatingin naman uli ako kay Deib na kasalukuyang seryosong umiinom ng energy drink niya habang nakaupo.

"Anong lakas ng loob naman ang meron siya para isiping siya parin ang magiging MVP sa taong 'to!?" inis na tanong ko habang hindi pa rin inaalis ang paningin ko sa kanya.

"Kaya nga sinasabi ko sa'yo na gawin mo ang lahat para maagaw ang titulo niya."

"Tsh, hindi ko na kailangang mang-agaw Coach. Dahil kusang mapupunta sa'kin ang titulong yun." mahina munit may yabang na sagot ko.

"Ganyan nga Kev, ganyan nga."

Hindi sa pagmamayabang pero ako ang itinuturing na pambato ng team ko. Kaya naman.

Humanda ka sa'king Enrile ka. Hindi kita lulubayan. At ikaw naman billiard girl, mapapasa'kin ka rin.

DEIB'S POV

'Badtrip! Wala siyang ginawa kung hindi ang barahin ako pero kung makipag-usap siya dun sa punggok na yun parang nag-eenjoy pa siya!

Ang totoo ay naiinis ako dahil aksidenteng nakita ko si Taguro kausap yung pinakamaliit na player ng LU kanina sa harap ng Canteen nitong SIS.

Hindi ko nakikita ang mukha ni Taguro habang magkausap sila dahil nakatalikod siya sa'kin pero base sa itsura nung punggok na yun, sa tingin ko ay nag-eenjoy sila. Dahil walang ginawa yung punggok na yun kung hindi ngumiti ng ngumiti sa kanya.

At talagang mas pinili mo pang makipag-usap sa kanya kesa kausapin yung grupo ng students na lumapit sa'yo para batiin ka ha?! Tch! Abnormal ka kahit kailan!

Naiinis talaga ako at parang nawala ako sa mood.

Idagdag mo pa yung paulit-ulit na pang-iinis sa'kin ni Tob kanina habang pabalik kami sa mga team mates namin matapos naming makipag-usap kay Taguro at kay More.

More! More ka ng More! Badtrip ka! Hindi mo man lang sinabi sa'king anak mo pala siya!

Para akong kinikilabutan tuwing maaalala ko yung pagkapahiya ko kanina. Hindi ko maimagine kung anong naging reaction ko sa harap nila. Tuwing maiisip ko yung sinabi ni Taguro'ng namumula na naman ako ay naiinis ako.

Bakit naman kasi ang tanga tanga mo Deib!? Hindi mo ba napansing hawig sila!?

~FLASHBACK~

"Hahahahaha loko ka ah!? Kaya pala umalis ka sa pwesto natin kanina kasi gusto mo palang makasama yung magiging manugang mo ah?!" pang-iinis sa'kin ni Tob habang naglalakad kami pabalik sa pwesto ng mga team mates naming.

"Ano bang sinasabi mo dyan!? Hindi ko nga alam okay!? A-At saka anong manugang?! Manahimik ka nga!"

"Wushoo! Hahaha! Mapagpanggap ka talaga Enrile!!!!" natatawang sigaw niya sa'kin. **"Kung may salamin lang ako e ihaharap ko yun sa mukha mo habang nagsasalita ka para makita mo kung anong itsura mo! Daig mo pa babae kung kiligin! Halatang halata ka na dre!"**

"A-Anong halata na naman!?"

"Dre, eto seryosong usapan---"

"Ulul! Kailan ka pa nagseryosong bwisit ka!?"

"Hahaha, ngayon lang sana e kaso kumukontra ka agad! Napakadefensive mo!? Come on dre, you can't lie to me. I'm your bestfriend for years and I know you too well! I can read your gestures, reactions, expression etcera etcera!"

"Etcera-----Etcetera bugok!"

"Y-Yun nga yun! Anyway, tulad nga ng sinasabi ko---obvious ka na dre e!"

"Manahimik ka dahil hindi ganon yun! Kung nahahalata na ako ni Taguro e bakit hindi niya pa ako kinukompronta?! Sa ugali nun!? Sa kayabangan nun----malamang ipagmamalaki niya sa buong BIS na may gusto ako sa kanya! At saka ano bang kinalaman niyang mga

pinagsasasabi mo sa Daddy ni Taguro?! Daddy ni Taguro ang topic dito---kaya wag mong isali si Taguro!"

"Pshhh! Hahaha! Wag ka ngang magpanggap na ayaw mong pag-usapan si Taguro dre! At saka teka nga, bakit nga ba kausap mo yung Daddy niya!? Hahahaha! O sige nga---pano mo maipapaliwanag yun ah!? Umalis ka sa'min para makasamang manood yun Daddy ni Taguro?! Wow ah! At inaasahan mo pang hindi ka mahalata nyan!? Hahaha! Pasalamat ka't hindi ko isinama si Lee dun, dahil kung hindi---malaman maski si Lee pinaghihinalaan ka na ngayon!"

"Manahimik ka okay!? Hindi yun tulad ng iniisip mo! At saka hindi ba't sinabi na nga ni Taguro kanina?! Bakit daw ikaw ay nahalata mo agad na Daddy siya ni Taguro samantalang ako hindi!? Dahil hindi ko alam na Daddy siya ni Taguro!"

"Ows?!"

"A-Anong ows?! Oo nga!"

"Hahaha! Hindi nga!?"

"Oo nga!"

"Seryoso!?"

"B-Badtrip ka ah! Oo nga!"

"Ang tanga mo naman dre?!"

Hindi agad ako nakasagot at inis akong napatingin sa kanya habang siya naman ay halatang nagpipigil ng tawa habang nakaturo sa'kin.

"A-Anong tanga---anong tanga!" inis na tanong ko sa kanya habang kinukuha ang ulo niya para batukan siya pero umiilag siya.

"A-Ano ba! Ano ba! Biro lang e!" natatawang awat niya pa.

"Siraulo ka talaga e no? Tch!" inis na sabi ko at saka muling nagtuloy sa paglalakad at mabilis naman siyang sumunod sa'kin.

"Hahahaha! Nakakatawa lang isiping hindi mo talaga nahalata!? E kung titignan mo yung More na yun---lagyan mo lang ng buhok yun.. Maxpein na Maxpein na e!"

"Tch! Sa hindi ko nahalata e---anong magagawa ko!?"

"So hindi mo talaga alam!? Hahahaha!"

"Hindi nga! Kung alam ko---sa tingin mo ba kakausapin ko yun!?"

"Why not di ba!?"

"Tch! Siya ang kusang lumapit sa'kin kanina habang nanunod ako---at aaminin kong nung una ko siyang makita ay napaisip ako dahil

pamilyar yung mukha niya sa'kin! Sigurado akong nakita ko na siya somewhere at hindi ko lang talaga matandaan kung kailan!"

"Hala, seryoso!?"

"O-Oo nga! Nakita ko na siya dati e, hindi ko lang talaga matandaan kung saan at kailan!"

"Pucha dre, destiny yan!" biglang seryosong sigaw niya habang nakatakip pa sa bibig niya ang isang kamay niya at nakaturo naman ang isa pa sa'kin. Napahinto naman ako sa paglalakad at gulat na napatingin sa kanya.

"A-Anong destiny!? Kami ni Taguro destiny!?"

"Ulul! Wala akong sinasabing kayo ni Taguro---wag kang assuming!"

"Oh e ano!? Kami ni More!? Pakyu!"

"Hahahaha kuha mo!"

"Ulul! Yang mga kabadingan mo wag mong ipasa sa'kin ah!"

"Hahaha biro lang! Sshk, pero bakit nga ba hiindi!? Di ba!? Kung sa tingin mo ay nakita mo na siya somewhere at ngayon naman ay nilapitan ka niya, hindi nga kaya destiny kayo ni Taguro?! Hehehehe kasi pucha dre, yung basbas na ang lumalapit sa inyo!"

"A-Anong basbas!?" inis na tanong ko.

"Basbas ng magulang ugok!"

"Ano na namang gusto mong palabasin kung ganon!?"

"Hahaha na boto sa'yo yung Daddy ni Max!"

Hindi agad ako nakasagot kay Tob sa sinabi niyang yun. Napaisip ako bigla at aaminin kong natuwa ako sa narinig kong yun mula sa kanya.

Panandalian ko pang inisip at inalaala yung pag-uusap namin ni More kanina at ang mga asaran namin ni Taguro at hindi ko namalayang..

"Nay!! Nakakadiri 'to e! Bakit may pangiti-ngiti ka pa!?" biglang sigaw sa'kin ni Tob at nabalik naman agad ako sa reyalidad at napapahiyang napatingin sa kanya. **"Naku Enrile tsk tsk tsk. Iiwas pala ah!? Hindi pala sigurado sa nararamdaman ah?! Ulul! Pakyu ka dre sinong niloko mo! Anong kala mo sa'kin!? Hindi pa naiinlove?! Psh! Kung si Lee ako---maloloko mo pa ako dahil Lonely Boy yun si Lee. Pero ako!? Tsk tsk.. No! No! No! No! No! Hindi'ng hindi mo 'to maiisahan hahaha! Inlove ka na kay Taguro at kapag itinanggi mo pa yan ngayon pucha member ka ng Spice Girls!"**

"W-Wala ka talagang kwentang kausap!" inis na sigaw ko sa kanya at saka ko siya inunahan ng lakad.

"H-Hoy! Enrile hintayin mo'ko! Hahahahaha! Sinabi ko na nga ba dre bading ka e! Pucha Britney Spears nung una---ngayon naman Spice Girls na! Level down dre?! Hakbang pababa 'to eeehh! Hoy! Hintayin mo'ko!"

"Bahala ka sa buhay mo!"

~END OF FLASHBACK~

Ngayon ay kasalukuyan kaming naglalakad papasok sa court at eksaktong pagpasok namin ay umingay ang crowd at rinig na rinig namin ang mga pangalan naming isinisigaw ng mga BIS students.

"Waaaaa! Go Deib Lohr!"

"Enrile for MVP!"

"Galingan mo Deib!"

"Yes the best ka Deib!"

"Kyaaaaa! Bakit ang gwapo ni Lee!"

"Oo nga super gwapo niya huhu! I love you Lee!"

"Tob my loves! Kikiligin na naman ako sa bilis ng kamay mong mang-agaw ng bola!"

"Yaaa! Tob daisuki!"

"Aishiteru Yanai!"

"Suki desu Tobi!"

"Saranghe Deib!"

"I love you Lee!"

"Go Lee!"

"OMG huhu kinikilig ako sa lakad pa lang ni Lee!"

"Gambate Tob!"

Sa dami ng sumisigaw ay halos maitungo ko na ang ulo ko dahil parang naninibago ako sa pakiramdam. Mas maraming tao ang nandidito ngayon at alam kong mas maraming nakakakilala sa'kin ngayon dahil iba't ibang schools and universities ang nandito. Karamihan sa kanila ay malamang nakilala ako nung mga nakaraang sportsfest at yung ibang nakikisigaw ay maaaring ngayon lang kami nakilala, tulad na lang ng LU na kasalukuyang nakaupo sa bench nila habang naglalakad kami papunta sa bench namin.

Magtutuloy na sana ako sa paglalakad nung biglang huminto si Coach at makipag-usap sa Coach nung LU.

"I am Coach Dy of BIS." nakangiting sabi nI Coach sa kanya.

"Coach Es of LU."

"My pleasure to meet you Coach."

"Nice to meet you too."

"Mmm, would you mind if I ask you something.. I've noticed na walang kneepads ang team mo."

"Ahhh hahaha oo! Hindi na kami nag-abalang bumili pa at gastos lang yun."

"Ha?? Pero kailangan yun dito."

"Ha?"

"Mmm. Kasama sa rules and regulations ng sportsfest na 'to ang pagsusuot ng at least kneepads as a support gear sa larong 'to."

"Pero hindi kami nakapagprovide ng kneepads dahil akala namin ay ayos lang."

Tch! Anong klase ba naman yan?! Puro uniform lang yata ang inatupad nitong mga 'to e!

Hindi na ako nakinig pa sa usapan nila Coach at iginala ko na lang ang paningin ko sa buong team nila. At don, muli kong napansin yung punggok na yun na kausap ni Taguro kanina.

Dalawa silang maliit sa team nila pero hindi halata yung isa dahil mas maliit talaga siya.

Hindi kaya isa 'to sa mga gangster ng LU at kaya siya nandito ay para kausapin ang pinuno nilang si Taguro!? Tch!

Inis na sabi ko sa isip ko na parang inaasar ko pa si Taguro sa isip ko.

Hindi ko talaga maintindihan ang sarili ko dahil naiinis akong makita siya at mas naiinis akong isiping nag-uusap sila ni Taguro na mukhang nag-eenjoy silang dalawa.

"Enrile."

"Coach?"

"Let's go." yaya niya at tumango naman ako saka sumunod sa kanila. Tinigil ko na ang pag-iisip nung makaupo ako sa bench naming.

"Grabe naman yun?! Wala bang nagsabi sa kanilang hindi pwedeng walang support gear maski isa?! Hindi ba't nagpapadala naman ng letter ang committee bago pa ang sportsfest para less and disqualifications!? Bakit hindi nila alam yun!?" takang tanong ni Chris.

"Wala daw nagpadala sa kanila ng sulat." si Coach.

"Ha?! Bakit ganon!?" si Remson.

"Hindi ko rin alam, kasi ako naman ay nakatanggap dahil pinakita sa'kin ni Mr. Faller."

"Tsk tsk, may karapatan silang magreklamo di ba Coach!? Bakit hindi nila subukang lumapit sa committee para masabi nila yung kaso nila? Hindi naman pwede ang ganon, hindi sila informed e." si Ivan.

"Oo nga naman Coach, hindi naman sila pupunta dito ng walang kneepads kung informed sila." sabat ni Lee. **"Ayaw naman siguro nilang mapahiya sila dahil lang sa kneepads kung may natanggap silang letter di ba?"**

"Tch! E bakit ba affected kayo?! Problema na ng Luna yun! Labas na tayo dun!"

"Enrile!"

"S-Sorry Coach---"

"Kalaban natin sila pero sa laro lang, okay?!"

"Tch! Pero hindi pa rin ibig sabihin nun e kaaawaan na natin sila---"

"Hindi naman natin sila kaaawaan! Ano bang nangyayari sa'yo?! Ang init naman yata ng ulo mo!?" nakasimangot ni Coach kaya naman medyo napahiya ako.

Dahil naiinis ako dun sa punggok na yun! Sa tingin ko ay hindi nya kailangan ng awa ko! Tch!

"S-Sorry Coach."

"Look, first time nilang sumali dito sa interhigh at ayaw ko namang isipin nilang walang nagwewelcome sa kanila dito---kaya naman maging mabait tayo sa kanila."

"Tch! In what way Coach!?"

"Pahihiramin natin sila ng kneepads---"

"What!?" pigil ko sa kanya.

"What!? Anong what!? Bakit!? Masama ba?!"

"H-Hindi masama pero Coach, kalaban natin yun! Tch! Paano kung yung kneepads pa na ipapahiram natin sa kanila ang makapagpanalo sa kanila?! At isa pa---sino sa'tin ang magsasacrifice ipahiram ang kneepads niya!?"

"Enrile---marami tayong extra kneepads. Okay!? And besides, sinong may sabi sa'yong hahayaan natin silang manalo!?"

Natigilan ako sa sinabing yun ni Coach.

"Wala sa kneepads yun para manalo sa basketball, nasa performance yun. Don't tell me natatakot ka sa LU?!"

"What!? Tch! Sinong matatakot don sa mga yun!? Matatangkad ang karamihan sa kanila pero hindi porket matangkad e sobrang galing na! Labag lang talaga sa loob kong magpahiram ng gamit sa kanila. Hindi na natin problema ang problema nila."

"Hindi man natin problema ang kakulangan nila ng gamit, ang sa'kin lang, anong mangyayari sa'tin kung madidisqualify sila?? Hindi rin tayo makakapaglaro at mamomove ang sched natin---mababago ang buong sched! Problema ng lahat yun!"

Ganon ba yun!?

"Talaga Coach?" tanong ni Remson.

"Yun ang nakalagay doon sa letter." sabi ni Coach na bumuntong-hininga pa at saka muling tumingin sa'kin. **"Meron tayong extra kneepads dyan. Pahiramin mo sila ng lima Enrile----"**

"Ako!? Bakit ako!?" inis na tanong ko habang nakaturo sa mukha ko.

"Dahil ikaw ang gusto kong magbigay! Puro dada! Bilis! Move!"

Badtrip naman oh!

Inis kong kinuha ang limang extra kneepads sa mga gamit ng team namin at nagmamaktol na naglakad papalapit sa LU. Kasalukuyan nilang kausap ang referee.

"Excuse me." pagsingit ko sa kanila at napatingin naman agad sa'kin yung Coach ng LU, yung referee at si punggok.

"Coach. Eto na lang muna ang gamitin niyo. Extra kneepads namin yan at lahat naman kami ay meron na. Lima lang naman ang papasok sa court kaya lima lang yan. Yan lang kasi ang available sami----"

"Hindi na! Walang nakapagsabi sa'min na kailangan pa palang magsuot ng ganyan! Kung may nagsabi edi sana nakapaghanda kami!?" si punggok.

Abnoy! Kung hindi mo gagamitin 'to, madidisqualify kayo at pati team ko mamomroblema! Wag ka ng tumangging bwisit ka dahil hindi pako nakakabawi sa'yo sa ginawa mong pagkausap kay Taguro kanina! Masyado kang pa-cute! Pakyu!

"Kev." tawag nung Coach nila sa kanya at huminahon naman siya.

"Hindi na namin problema yun." sagot ko.

"Ano kamo!?" inis na tanong ni punggok.

"If you're unable to provide your own, that's no longer our problem. Nandito ako para lang ipahiram 'tong mga extra'ng kneepads namin."

"A-Ang yabang mo ah----!!!"

"Kev!"

Tch, sa liit mo'ng yan, hindi ko na kailangang pag-isipan kung dapat ba kitang patulan!

"T-Thank you." baling ni Coach sakin.

"Welcome Coach." sagot ko.

"Ako si Coach Es ng LU."

"I'm Deib Enrile of BIS. Coach."

"Salamat, ayos lang ba sa inyong hiramin namin ang mga 'to?"

"Mmm yes Coach. Si Coach ang nagpapabigay nyan."

"Ahh ganon ba?"

"Yes Coach."

"Salamat, pakisabi na rin sa Coach niyo na maraming salamat."

"Welcome Coach. Makakarating sa kanya."

"Sige, isasauli na lang namin matapos ang interhigh."

"No need Coach." nakangiting sagot ko.

"Hindi namin kailangan yan kaya naman isasauli namin yan matapos ang game na 'to." pigil ang inis na sagot ni punggok. Halatang nagpipigil siya ng inis. **"Bibili kami agad bukas na bukas para maisauli namin agad yan sa inyo."**

"Okay, it's your choice." walang ganang sagot ko at saka tinanguan ang Coach nila at tinalikuran sila.

Pagkatalikod na pagkatalikod ko ay dun ko inilabas ang inis ko sa kanya.

Masyadong paimportante. Nangangailangan na nga---ayaw pang tumanggap ng tulong. Bwisit kang punggok ka.

"Oh anong sabi?" si Coach.

"Salamat daw." walang ganang sagot ko.

"Very good."

"Kinausap ka ni Kev ah?!" biglang sabat ni Remson.

"Sinong Kev naman yun!?" inis na tanong ko naman.

"Si Kev Gonza, pinakamagaling na manlalaro ng LU."

Yung punggok ba yun!?

"S-Sino sa kanila yun!?" tanong ko.

"Yung nag-iisang maliit hahaha!"

Tch! Siya nga.

"Tch! Yung maliit na yun---napakayabang!"

"Oh bakit?!"

"Kesyo hindi naman daw nila kalangan ng kneepads! Sarap tirisin e!"

"Deib." awat sa'kin ni Lee pero hindi ko na siya pinansin.

"Chillax ka lang dre ano ba? Tama si Coach e, masyado kang hot ngayon. Ano bang nangyayari sa'yo??" si Tob.

"Tch."

"Alam mo dre, wag mo na lang pansinin dahil baka makaapekto yan sa paglalaro mo hehehehe!"

Ang totoo ay alam ko ang dahilan kung bakit ako nagkakaganito. At yun ay dahil sa nakita ko nga silang magkausap ni Taguro kanina. Naiinis ako dahil mukhang nag-eenjoy silang mag-usap kanina dahil lintek kung makangiti yung punggok na yun.

Tch! Kev Gonza?! Ang bantot ng pangalan mo punggok! Walang dating at halatang pangmahirap!

Naupo kami at kanya kanyang kinundisyon ang sarili habang patuloy ang pagsasalita ni Coach sa harap naming. Naririnig ko ang mga sinasabi niya pero wala akong maintindihan. Tulad ng mga kasama ko ay kinukundisyon ko rin ang sarili ko at ang isip ko. Lalo na't alam kong inaasahan nilang maganda ang magiging performance ko ngayon.

Pero kinakabahan ako. Oo kinakabahan ako at hindi ko alam kung bakit. Iba ang pakiramdam ko ngayon at hindi ko alam kung anong dahilan. Nakakainis dahil ramdam kong kinakabahan ako pero hindi dahil sa tingin ko ay matatalo kami. Kung hindi dahil..

Baka hindi maging maganda ang laro ko dahil wala ako sa mood talaga. Tsk! Ano ba kasing nangyayari sa'kin?! Umayos ka nga Deib!

Badtrip naman kasi! Bakit kailangan ko pa'ng makita'ng magkausap sila!? Nakakainis! Bakit ba pakiramdam ko ay hindi mo ako papanoorin!?

Ewan ko pero malakas ang pakiramdam kong hindi ako pag-aaksayahan ng panahon ni Taguro na panoorin. Ang lakas ng kutob kong imbes na panoorin niya ako ay uuwi na lang siya. At ewan ko kung bakit ganito ang nararamdaman at naiisip ko.

Sana manood ka, para gumanda ganda naman yung laro ko! Makita lang talaga kita sa audience, okay na'ko hehehe..'

Pero paano kung hindi siya manood!?

Hindi ko alam, hindi ko talaga alam.

"Hoy!"

"A-Ano ba!" inis na sigaw ko kay Tob dahil malakas ang pagkakatapik niya sa'kin.

"Hahahahaha! Pucha, ano bang nangyayari sa'yo dre?! Okay ka lang ba!? Hindi ba maganda ang pakiramdam mo?!" natatawang tanong niya habang kinakapa kapa pa ang leeg ko na agad ko namang iniwasan.

"Alis nga!" suway ko sa kanya. **"Wala ako sa mood!"**

"Lah! Bakit?!"

"E-Ewan ko---basta wala ako sa mood."

"Deib."

"Ano?!"

"Ano nga?"

"Ewan ko nga!"

"Psh! Bakit naman ngayon pa?!"

"Tch! Anong magagawa ko!? E sa ngayon umatake e!" inis na sagot ko at hindi naman agad siya nagsalita. Nakapamewang siya sa harap ko at napatingin siya sa mga kasamahan naming. Maya maya ay hinawakan niya ako sa braso at bahagyang hinila patayo.

"Halika nga muna."

"Ano na naman!?"

"Mag-uusap tayo!" mahinang sigaw niya at natigilan naman ako dahil seryoso siya masyado. **"Ano bang nangyayari sa'yo!?"**

"H-Hindi ko nga rin alam e."

"Hindi mo alam?! Nagkaganyan ka ng hindi mo alam ang dahilan?! Imposible!"

Hindi ko siya sinagot.

"Umamin ka nga sa'kin, may kinalaman ba yung Kev Gonza na yun sa pagkakaganyan mo!?"

"W-Wala ah---"

"E bakit parang meron!?" inis na tanong niya at hindi naman ako nakapagsalita. **"Alam mo dre, hindi ka dapat nagpapaapekto sa mga nasa paligid mo ngayon. Ano ka ba? Unang laro natin 'to!"**

"Alam ko!"

"Oh e bakit nga nagpapaapekto ka?! Hindi mo naman ugali ang ganyan ah!? Dati rati naman kahit na may bumabadtrip sa'yo okay na okay ka pa rin! Ngayon ka pa nawala sa mood kung kailan huling taon na natin! Umayos ka nga!"

"Ano bang sinasabi mo dyan!? Maayos ako okay!?"

"Wow ah!? Anong kala mo sa'kin?! Bulag!? Manhid!? Dre alam kong hindi ka okay at alam kong kung anu-ano na namang tumatakbo dyan sa isip mo! Nag-aalala lang ako okay?! Dahil hindi lang naman para sa'ting magkakaibigan 'tong laro'ng 'to, para sa buong school 'to!"

"Tch! Wag ka ngang O.A.!? Hindi maaapektuhan ng mood ko ang tira ko---"

"Ulul! Anong akala mo sa sarili mo?! Si Jordan?! Hoy magaling ka lang pero hindi ka si Jordan!"

"Tch! Ulul! Kamukha mo si Jordan."

"Hmmm. Shhhhkkk.." sabi niya at natigilan naman ako dahil bigla siyang ngumisi. Masamang ngiti na alam kong hindi lang nanunukso. Ngiti nang isang tao'ng nag-iisip ng kung anu-ano.

"A-Ano na naman yang tinging yan!?"

"Sa tingin ko, alam ko ng kung sino ang makakapagpaganda ng mood mo."

"W-What?!"

"Bwahaha! Manghuhula ako at sasabihin mo sa'kin kung tama ako, ano!? Ready ka na ba!?"

"Shut up Tob."

"Dali na hehehe!" pagpipilit niya.

"Manahimik ka sabi e!"

"O siya sige, prangkahan nalang ano!?"

"W-What!?"

"Pucha dre prangkahan na lang!"

"K-King ina ka manahimik ka ah!"

"Hahahaha pakyu! Ulul! Siguro tama ako no!? Tama yung naiisip ko no?"

"H-Huh!?" maang-maangang tanong ko.

"Sus hahah! Naay!"

Ewan ko ba kung bakit wala pa naman siyang binabanggit pero pakiramdam ko ay tama na siya. Wala pa siyang sinasabi pero pakiramdam ko ay alam niya na.

OO TOB! SI TAGURO! NABABADTRIP AKO DAHIL WALA DITO SI TAGURO AT HINDI KO ALAM KUNG MANONOOD SIYA! ANO!? MASAYA KA NA!? O SYA PAKYUUU KA!

Sigaw ko sa isip ko habang nakatingin sa mga mata niya. Nananatili siyang nanlilisik ang mga mata habang nakangisi ng nakakaloko sa'kin.

"Tsk tsk tsk don't lose hope dre. Malay mo manood siya." nakangising sabi niya sa mismong mata ko. Hindi naman agad ako nakasagot sa kanya.

"Enrile! Yanai! Let's go!" tawag sa'min ni Coach pero hindi naalis kay Tob ang paningin ko.

"At eto lang ang masasabi ko sa'yo dre, pakiramdaman mo ang sarili mo." nakangiti munit seryosong sabi niya, bahagya niya pa akong itinuro sa dibdib habang nagsasalita. **"kapag dumating siya at gumanda ang mood mo. Don mo masasagot ang sarili mo, gusto mo ba siya? O mahal mo ba siya?"**

"A-Anong. Hoy!!----"

"Shhh." pagpapatahimik niya sa;kin. **"pakiramdaman mo ang sarili mo dre dahil ikaw lang ang makakapagsabi nyan sa sarili mo."**

"Can you just shut up?! What the heck are you saying Tob!? Walang ganon okay!? Hindi mangyayari yun! At saka anong mahal mahal!? Pwede ba?!" inis na sabi ko at bahagya pa akong lumapit sa kanya. **"Kasalukuyan ko pa lang na inaalam kung gusto ko nga ba o hindi, walang kinalaman dun ang pagmamahal okay?! Wag kang advanced mag-isip!"**

"Hindi ako bobo dre, at mas lalong hindi ako manhid. Alam mo sa sarili mong gusto mo siya, in denial stage ka lang talaga hehehe."

"Yanai---Enrileee!!! Ano ba!"

"Yes Coach!" sigaw ni Tob sa kanya at tinuro pa muna ako sa dibdib bago tuluyang sumunod sa kanila.

"Enrile!"

"Y-Yes Coach!"

"2 laps!" sigaw ni Coach at humilera naman kami at isa-isang tumakbo paikot sa buong court.

"Waaaa!"

"Ayan na!"

"Go BIS!!"

"Let's go BIS!"

"I love you so much Deib!"

"My God ang gugwapo nila!"

"Lalo na si Tob!"

"Lalo na kamo si Lee!"

"Ay naku, mas lalo na si Deib!"

"Bagay na bagay sa kanila yung jersey nila hehe!"

"Yiiie!"

"Ang aastig nilang tignan grabe!"

"Kyaaah!"

Patuloy ang hiyawan at tilian ng mga students lalo na nga mga girls nung mag-umpisa kaming tumakbo paikot sa buong court. Hindi na kami nag-usap usap at nagfocus na lang kami sa ginagawa naming. Matapos ang 2 ikot at nag-umpisa na kaming magwarm-up, moving and passing, catching the ball at high speeds, and making lay-ups at high speeds ang ginawa namin.

At ilang minuto lang ulit ang lumipas at..

~PRIT!~

Pumito na ang referees.

At tumugtog na rin ang combo ng BIS.

"Good morning everyone!" sigaw ng speaker.

"Waaaa!"

"Kyaaa!"

"Ayan na!"

"OMG start na!"

"Simulan na ang laban!"

"I am here to welcome each and everyone of you----and of course I am here to open the Basketball game betweek Luna University and Brint International School--"

"Waaa!"

"Go BIS!!"

"Let's go Luna!"

"Aright! Mukhang napakaraming fans ng dalawang school na 'to ah?! Hahahaha!" namamangha pang sabi ng speaker saka nagtuloy ulit sa pagsasalita. **"So hindi ko na patatagalin pa. Let's start the game!"**

"Waaa!"

"Kyaaaaa!!"

"BIS! BIS! BIS! BIS! BIS!"

"LUNAAAAA!!! LUNAAAAA!!! LUNAAAAA!!! LUNAAAAA!!!"

"BIS!"

"Luna!"

"BIS!!"

"Luna!"

"Okay team, on three." si Coach. Sabay sabay naman naming inilagay ang mga kamay namin sa ibabaw ng kamay niya.

"LET'S GO BIS!" malakas na sigaw naming.

"Kyaaaa!"

"Waaa!"

"Enrile!"

"Yanai!"

"Deib!"

"Lee!"

"Waaa BIS!"

LINE UP: ***Brint International School.***

Point Guard - **Deib Lohr Enrile #1**

Shooting Guard - **Lee Roi Gozon #23**

Center - **Yakiro Tobi Yanai #8**

Power Forward - Ivan Santiago #10

Small Forward - Remson Lares #5

LINE UP: ***Luna University.***

Point Guard - **Kev Gonza #11**

Shooting Guard - **Jermayne Orquiza #10**

Center - Michael Guinto #9

Power Forward - Jamby Pol #12

Small Forward - Mu Long #3

Mabilis kaming pumunta sa gitna ng court at isa-isang nakipagkamay sa mga taga-Luna. Eksakto namang pareho kami ni Kev punggok na nasa dulo ng hilera kaya naman sa madaling salita ay kaming dalawa ang huling magkakamay.

"The duration of the game consists of four quarters of 10 minutes each, with a 15-minute break at half-time! There are also two-minutes interval between the first and second periods, and between the third and fourth periods! If the game is tied after the fourth period, it continues with an extra period of five minutes, then as many five-minute periods as are necessary to break the tie, malinaw ba?!" pumagitna sa'min ang isa sa tatlong referee at isa-isang sinabi ang basic rules and regulations sa laro at hindi ko na napakinggan yun dahil hindi maalis ang paningin ko sa punggok na Kev Gonza na 'to.

Anong itinitingin tingin mong punggok ka?!

Nakatingin siya deresto sa mga mata ko at bahagya pa siyang nakangisi.

"A goal shall be made when the ball is thrown or batted from the grounds into the basket and stays there without falling, providing those defending the goal do not touch or disturb the goal. If the ball rests on the edges, and the opponent moves the basket, it shall count as a goal.. When the ball goes out of bounds, it shall be thrown into the field of play and played by the first person touching it. In case of dispute the umpire shall throw it straight into the field.. The thrower-in is allowed five seconds. If he holds it longer, it shall go to the opponent. If any side persists in delaying the game, the umpire shall call a foul on that side. Understood players?!" yung referee.

"Yes ref!" sigaw ng lahat maliban sa'min ni Kev.

"Alright jump ball! On three! Position!" sigaw ng referee na parehong nakatingin kay Lee at Orquiza ng LU.

Malakas na pumito ang referee at inihagis ang bola sa ere at...

"Waaaaa!"

"Go BIS!!"

"Waa grabe kinikilig ako ang galing galing ni Lee!"

"I love you Lee!"

Natapik ni Lee ang bola na eksakto namang nasalo ni Tob. Mabilis na tumakbo si Tob sa kanan ko at ipinasa sakin ang bola at..

"Waa!"

"3 points! Let's go Deib!"

"I love you Deib!"

"Kyaaaaaa!"

Ang totoo ay kinabahan ako dun dahil pakiramdam ko ay hindi yun huhulog pero maswerteng nahulog kaya naman laking pasasalamat ko.

Mabilis akong tumakbo at binakuran si Kev Gonza na nakangisi pa habang nakatingin sa mismong mga mata ko habang nagdridribol ng bola.

WTF are you looking at biatch!?

Anong inginingisi ngisi mo pa dyan!?

Kasalukuyang dinidribol ng LU ang bola at si Lee ang nakabakod sa nagdridribol na yun. Mabilis na tumakbo ang taga-LU at agad naman sinunggaban ni Tob kaya naman...

"Waaaa! Ang galing mo Tob!"

"Nice Tob!"

"Yiiieee ang galing!"

"Grabe!"

Sigaw ng mga nanonood na taga BIS.

Naagaw ni Tob ang bola kaya naman mabilis siyang tumakbo papalapit sa'kin at eksaktong pagtalikod ni Kev ay tumakbo ako sa kabilang side nya at sinalubong si Tob at pagkapasa niya sa'kin ng bola ay...

PASOK ang bola!

"Waaa!"

"Ang galing ni Deib!"

"I love you na talaga Deib!"

"Gooo Enrile!"

"Sana kung gaano karami ang fans niyo ay ganon rin karami ang maging score niyo hehe." mabilis na sabi niya sa'kin at nagtaka naman ako dahilan para hindi ko mapansin ang isang napakabilis na kilos n'ya kaya naman..

"Waaa!"

"Go Kev!"

"Papa Kev ang galing galing mo!"

"Kyaaa!! Ang cool niya!"

"Nice shot!"

Pakshet!

Inis akong hinabol siya ng tingin munit nanatili siyang nakangisi sa'kin.

Kasalukuyang hawak ni Remson ang bola at naghahanap ng magandang pwesto para maipasa ang bola. Nagtatakbo naman kami ni Lee sa kaliwa't kanan habang naghihintay na ipasa ni Remson ang bola. Okay na sana ako sa pwesto ko pero eto na naman 'tong si kwatog at sige ang pagbabakod sa'kin dahilan para mahirapan akong sumenyas kay Remson dahil mas lamang ang posibilidad na maagaw ni Kev ang bola kung sa'kin niya ipapasa. Kaya naman mabilis siyang umikot sa nakabakod sa kanya at ipinasa kay Tob ang bola at mabilis namang tumakbo si Tob.

"Waaa! Ayan na si Tob!"

"Go Tob!"

"Let's go BIS!"

Mabilis akong tumakbo at pumwesto malapit sa pupuntahan ni Tob at eksatko namang tumingin siya sa'kin.

"Deib!" tawag ni Tob sa'kin sabay bato ng bola pero.

"Hala!"

"OMG!"

"Na-steal!"

"Kyaaaa! Go Kev!"

"Yie ang galing ni Kev!"

Demmit!

Mabilis na tumakbo si Kev papunta sa court nila at naipasok ang bola.

"Kyaaaa!"

"Go Kev!"

"Let's go LU!"

Tsk!

Hawak na naman namin ang bola at si Remson na naman ang nagdridribol. Mabilis akong tumakbo sa ilalim ng ring at nakabakod na naman sa'kin si Kev. Pero this time, mas matigas ang pagkakaharang ng dalawang kamay niya at mabilis ang mga kilos niya dahilan para mahirapan akong pumorma para sa pagsalo ng bola.

Badtrip!

"Deib!" sigaw ni Remson at napalingon agad ako sa kanya. Ibinato niya ang bola at mabilis akong umilag kay Kev dahilan para masambot ko ang bola

Tumalon ako at inihulog ang bola munit..

Shet!!

HINDI NAHULOG!

Tsk!

Mabilis na kinuha ni Kev ang bola at ipinasa agad sa kasama niya at tumakbo sila pareho sa court nila kaya wala akong choice kung hindi ang sumunod sa kanila pero huli na ang lahat. Naipasok na naman ni Kev ang bola at umiskor sila.

"Huwaa!"

"Go Kev!"

"Let's go Kev!"

"Gonza for the win!"

"Go LU!"

Badrtip!

Gusto kong mainis dahil kahit hindi kami mag-usap usap ng team ko alam kong nagtataka sila kung anong nangyayari sa'kin. Dahil sa tanang buhay ko hindi pa ako naagawan ng bola sa unang quarter ng laro. At sa

tanang buhay ko ay hindi pa ako naisahan ng isang punggok na tulad ng Kev Gonza na 'to.

Si Ivan naman ang kasalukuyang may hawak ng bola ngayon at nagtuturo ng pwesto habang nagdridribol ng bola. Mabilis akong tumakbo sa ilalim ng ring at nakasunod naman agad sa'kin si Kev. Inis kong iniikot ang katawan ko sa kanya dahilan para mapunta siya sa likuran ko at nagulat naman ako dahil mabilis na ipinasa ni Ivan sa'kin ang bola kaya naman pagkasalo nito ay mabilis akong pumwesto at inihulog ito. Munit sa pangalawang pagkakataon ay..

SUMABLAY AKO!

"Aaahh." parang nanaghihinayang na ingay bigla ng mga nanonood at nakaramdam naman ako bigla ng pagkapahiya.

"Anong nangyayari kay Deib!?"

"I dunno."

"I hope he's fine."

"Oo nga e, kanina pa siya sumasablay e."

"Yeah, wag naman sana magtuloy tuloy."

Nakaramdam ako ng inis ng marinig ko ang malakas na usapan ng dalawang magkaibigan na nakaupo malapit na malapit sa endline ng court. Hindi ko sila pinansin at pinanood ko si Orquiza ng LU magdribol ng bola habang nakabakod naman si Lee sa kanya.

At doon ko napansing pareho sila ni Lee, mabilis tumakbo. Mabilis magpasa. Mabilis sumalo. Wala silang pinagkaiba. Gwapings rin ang isang 'to at siya yung nakita kong sumundo sa punggok na yun kanina.

"Deib!"

Bumalik lang ako sa reyalidad nung marinig ko ang tawag ni Lee.

Mabilis niyang ipinasa ang bola sa'kin at nakita ko agad ang pagsugod sa'kin ng mga LU kaya naman mabilis akong kumilos patakbo malapit sa ring at itinira ang bola.

Sablay.

"Deib ano ba?!" dinig kong tanong ni Lee. Bakas sa tono ng pananalita niya ang pagtataka at pagkainis.

"S-Sorry---nagkakataon e."

"Tsk." yun lang at mabilis na siyang tumakbo pahabol sa binabantayan niya. Mabilis akong sumunod sa kanya munit kasabay kong tumakbo ay ang nakangising si Kev Gonza. Pagkatama ng paningin namin ay mabilis siyang tumakbo palihis kay Tob at gulat naming lahat ng saluhin niya ang

bola mula sa kasama at mas ikinagulat kong kumindat muna siya sa'kin bago tinira ang bola.

Hulog.

"Waaa!"

"Ang galing galing mo!"

"Idol super!"

"Grabe! Ang liit liit ang lupet!"

"Kyaaa go Kev!"

Peste kang bansot ka! Kapag ako nainis titirisin kita hanggang sa hindi na kita makita!

Kasalukuyang tumatakbo si Tob papunta sa court namin habang nagdridribol ng bola. Kaya naman habang malayo pa sa'kin si Kev at mabilis akong tumakbo sa likuran ni Tob at eksaktong pagtapat namin sa isa't isa ay ipinasa niya sa'kin ang bola at tumakbo ako sa sideline at..

~PRIT!~

~ENK!~

WTF??

"End of first quarter!" sigaw ng referee.

Inis munit malumanay kong ipinasa pabalik sa referee ang bola at sumunod sa mga kasama ko sa bench naming. Sumulyap pa muna ako sa score board bago kumuha ng Gatorade.

Luna - 9. BIS - 5. Tsk!

"Deib!" sigaw agad ni Coach paglapit ko. **"You missed not once but thrice! What's wrong with you!?"** inis na tanong ni Coach at iiling iling naman akong inis na tumingin sa kanya.

"S-Sumasablay Coach e!" inis na sabi ko.

"Nasa kundisyon ka pa ba!? Aba e kauumpisa pa lang ng laro ah!?"

Hindi naman ako nakasagot sa kanya.

"Maging maingat kayo sa pagtira ng bola. Lalo'ng lalo na sa pagpasa dahil si Orquiza at Gonza ay parehong mabilis ang mga kamay at paa. Ultimong ako ay hindi ko mabasa ang mga kilos nila dahil sa sobrang bibilis nila kaya parang awa niyo na maging maingat naman kayo team!"

"Pakshet ang bilis nga nung Gonza na yun!" si Remson.

"Pucha hindi ko nga napansin e! Nung tumatakbo ako e nasa harap lang ni Deib---pucha pagpasa ko nung bola nasa harap ko na! Ambelibabol ang king ina!" si Tob.

d

Inis naman akong tumingin dun sa Kev na yun at mukhang tuwang tuwa siyang umiinom ng tubig habang nakikinig sa pagpapaliwanag na ginagawa nung Coach nila.

Naisahan mo'ko sa umpisa punggok! Hindi ka na makakaulit!

"Kaya nga sinasabi ko sa inyong maging maingat kayo dahil mabibilis sila! Yan na nga ba ang sinasabi ko e! Hindi natin alam ang paraan ng paglalaro nila kaya mangangapa at mangangapa tayo! Kaya naman uulitin ko----maging maingat kayo't mabibilis sila! Gozon!"

"Coach?" si Lee.

"Bago mo pasahan ng bola si Enrile siguraduhin mo munang maiiwasan nya si Gonza!"

"Yes Coach."

"Yanai!"

"C-Coach?"

"Kapag alam mong hindi malulusutan nila Enrile at Gozon sina Gonza at Orquiza, ikaw ang ang tumakbo at magshoot ng bola!"

"Y-Yes Coach."

"Santiago at Elijido, siguraduhin noyong malinis ang court bago kayo magpasa, malinaw ba!?"

"Yes Coach!" sina Ivan at Remson.

"Maging mabilis kayo, bawat kilos at galaw nila at pilitin nyong basahin. Magiging mahirap pero magiging madali kung magkakaisa kayo sa loob ng court. Kaya natin 'to. Luna lang yan at BIS tayo---malinaw!?"

"Yes Coach!" malakas na sigaw naming lahat.

"Okay on three." si Coach at ipinatong naming lahat ang kamay namin sa kanya.

"Let's go BIS!" sigaw naming lahat.

~ENK!~

"Kyaaaa!"

"Let's go BIS!"

"Go BIS!"

"Go Deib!"

"Go Lee!"

"Go Tob!"

"Go Ivan!"

"Go Remson!"

Nung makabalik ako sa court ay iginala ko muna ang paningin ko sa bench kung saan nakaupo ang mga taga-BIS upang baka sakaling makita ko ang hinahanap ko munit.

Demmit! Nasaan ka na ba!? Hindi mo ba talaga ako papanoorin ah!?

Tsk!

~PRIT!~

Mabilis na nagsimula ang second quarter at tulad kanina ay hawak namin ang bola.

Si Remson ang kasalukuyang nagdridribol ng bola at tumuturo turo habang naghahanap ng mapapasahan ng bola.

Lalapit dito.

Tatakbo don.

Tuturo dito.

Lalapit don.

Paulit-ulit na kilos at galaw ang ginagawa namin pero lahat ay mahirap pagdesisyonan. Tama si Coach dahil mabibilis ang mga taga-LU. Hindi sila tulad ng ibang manlalaro ng ibang schools or universities dahil ang tipo ng paglalaro nila ay pang kalye. Normal at tipikal pero hindi ko makuha! Hindi ko magamay. Nahihirapan ako dahil aaminin ko..

Magagaling sila. Tsk!

Mabilis na tumakbo si Remson papalapit kay Tob at nung makakuha ng magandang tyempo ay ipinasa ni Remson ang bola kay Tob na mabilis ring ipinasa sakin at tinira ko ang bola.

Hulog.

"Waa!"

"Let's go Deib!"

"Go go go Deib!"

"BIS!"

"Waaa grabe ang galing niya!"

"Sa wakas nakahulog ka rin, hehehe."

Hindi ko napigilan ang sarili kong mapatingin sa kanan ko at nagtama ang paningin namin ni Gonza. Hindi ko siya pinansin at mabilis akong tumakbo kasunod ni Orquiza baka sakaling maagaw ko ang bola. Pero hindi pa man ako tuluyang nakakalapit sa kanya at mabilis na sumugod si Lee kay Orquiza at maswerteng naagaw ang bola kaya naman mabilis ulit kaming tumakbo pabalik sa court naming.

"Waaa ang galing ni Lee!"

"Go Lee!"

"We love you Lee!"

"BIS!"

Nice Lee.

"Deib!" sigaw ni Lee at ipinasa sa'kin ang bola at....

Hulog!

"Waaaaa!"

"Let's go BIS!"

"Yes!"

Thank you! Thank you!

Muling tumakbo ang Luna dala ang bola at nung makarating sila sa dulo ay muling naagaw ni Remson ang bola dahilan para mabilis siyang tumakbo palapit sa'min. Sinalubong agad siya ni Ivan at sinalo ang bola pagkapasa nya! Nasa kalahati na ng court si Ivan nung maipasa niya sa'kin ang bola at eksaktong pagtalikod ko, mula sa three-point line at tinira ko ang bola.

Sablay!

"Damn it!" inis na sambit ko na napapadyak pa.

"Hahahaha, hanggang umpisa ka lang pala e!?"

Inis akong napalingon muli sa likuran ko at muli kong nakita ang pagmumukha ng punggok na si Gonza.

"Tch! Hindi ka ba sumasablay ha!?" inis na tanong ko sa kanya at mabilis akong tumakbo pero laking gulat ko ng mabilis rin siyang tumakbo at sumabay sa'kin.

"Hindi. Bakit!? Nakita mo na ba akong sumablay!? Hahahaha!" mayabang na tanong niya at saka mabilis na tumakbo palampas sa'kin at sinalo ang bola na ipinasa ni Orquiza at eksaktong paghinto niya sa three-point lane ay tinira niya ang bola at...

Shoot.

Demmit!

"Ganon ang three points pre! Kung anu-anong ginagawa mo dyan e hehehehe." mayabang na sabi niya sa'kin saka tuluyang tumakbo papunta sa court naming. Inis akong liningon siya pero nag-apir sila ni Orquiza at sabay na tumatawa habang nakaabang sa mga kasama kong nagdridribol ng bola.

Bwisit kang bubwit ka may oras ka rin sa'kin!!

Tumakbo na naman ako ng tumakbo para makahanap ng tyempo munit naging mahirap na para sa'min ang maisahan ang mga taga-Luna. Mas naging matindi ang pambabakod nila sa'min kaya naman inis kong iniharang ang dalawang kamay ko kay Kev na paulit ulit ang pagdamba sa'kin habang nagdridribol ng bola.

"Move idiot!" ngingisi ngising sigaw niya sa'kin habang dinidribol ang bola at idinadamba ang katawan nya sa katawan ko.

Peste ka!

Kaya naman mas linakasan ko ang pagharang ko sa dalawang kamay ko munit bigla syang nagcrossover at tumalon.

Shoot.

"Waaaa go Kev!"

"We love you Kev!"

"Ang astig mo!"

"Idol!"

~PRIT!~

Taka akong napatingin sa referee na pumito at tinignan ang hand gestures niya. Nakaharap sa'kin ang dalawang bukas na kamay niya.

WTF???

"Personal foul! BIS! Enrile! Number 1! Pushing!" sigaw ng referee.

"What!?" inis na sigaw ko!

"Pushing!" sigaw na naman sa'kin ng referee.

Inis kong tinignan si Kev at mas nainis ako nung makita ko siyang nakangisi at nagkibit balikat.

Hindi ko pwedeng patulan ang referee kaya naman inis akong tumalikod kay Gonza at huminga ng malalim.

Pakshet ano bang nangyayari sa'yo Deib!? Umayos ka nga!

"Deib." dinig ko paglapit ni Tob.

"Badtrip yung punggok na yun!" inis na sabi ko sa kanya na tumingin pa kung nasan na si Kev pero kasalukuyan siyang tawa ng tawa .

"Wag mo na lang pansinin okay?? Kung badtrip ka sa kanya---balewalain mo na lang muna.. Walang personalan dre, laro muna bago yan." parang nakikiusap na sabi ni Tob. Hindi ko naman siya pinansin at iginala kong muli ang paningin ko sa mga bench kung nasaan ang mga taga-BIS pero hindi ko pa rin siya nakita.

Leche! Nasaan ka na ba Taguro!

~PRIT!~

Muling pumito ang referee at mula sa sideline at ibinato ni Orquiza papunta kay Gonza ang bola sa loob ng court. Muli kaming tumakbo at kasalukuyan kaming papunta sa court nila. Mabilis na naman silang nagpasa pasahan ng bola kaya naman hindi ko napansing.

Inatake ni Orquiza si Lee at mabilis na nagreverse lay-up.

Hulog!

"Waaaa!"

"Ang galing mo Jermayne!"

"We love you Jermayne!"

"Gwapo na magaling pa!"

"Let's go LU!"

Demmit! Hindi pa nga ako nakakakilos nakahulog na siya!? Peste!

Mabilis na namang tumakbo ang minuto at puro LU na ang nakakahulog. Ilang beses kong sinubukang magpasok ng bola munit malas talaga dahil sumasablay sila. Tanging sina Lee at Tob na lang ang magkakasunod na nakakascore pero hindi pa rin sapat yun para malamangan namin ang LU. Mabilis ring tumakbo ang oras at natapos ang second and third quarter.

SCORE CHECK: Luna - 83 / BIS - 49

~PRIT!~

Matapos ang third quarter ay bumalik kami sa bench at galit naman kaming sinalubong ni Coach.

"What's wrong with you people!" inis na sigaw ni Coach sa'min. **"Sabihin nyio sa'kin---ano ang nangyayari sa inyo!"**

"Eh Coach, magagaling talaga e." si Remson.

"Oo nakikita ko---magagaling sila! Pero mas magagaling kayo sa pagkakaalam ko! Nakita niyo ng magaling e bakit lalamya lamya kayo!? Ano ba?! Nasan na ang dating sigla ng BIS?! Nasaan na yung dating players ko!? Nasaan na yung mga dating team ko?! Anong nangyayari sa inyo!? Ikaw Enrile!? Ano!? Pagod ka na ba ha?!"

"H-Hindi pa po Coach---"

"Kung ganon wag kang umastang pagod!"

"Hindi pa nga kita nakikitang hinihingal----pero kung maglaro ka parang wala kang kalakas lakas! Ano ba!? Nandito na tayo e, eto na tayo. Nasa umpisa pa lang ng interhigh ganyan na ang performance niyo! Guys! We're not here to fool around---we're here to play! To play good! To play great!"

"Y-Yes Coach."

"For the last time sasabihin ko sa inyo maging maingat kayo---dahil sa nakikita ko sa inyo paulit-ulit ang sabi ko ng mag-ingat kayo pero hindi kayo nag-iingat! Yanai! Enrile! Ilang beses na kayong naaagawan ng bola pero maski isang beses ay hindi man lang kayo nakaagaw ng bola sa kanila! Gozon! Wag ka namang magpapetiks petiks sa binabantayan mo dahil mas mabilis pa rin siya sa'yo baka nakakalumutan mo! At kayong dalawa naman." baling niya kila Remson at Ivan. **"very good. Gusto ko ang ginagawa niyong dalawa, tulad ng dati ay may kakaiba pa rin kayong tekniks at moves na kayong dalawa lang ang nakakagawa ng magkasama. Good partners kayo kaya kung maaari ay mas dagdagan niyo na lang. Malinaw ba!?"**

"Yes Coach." sagot nung dalawa.

"Okay on three!" sigaw na naman ni Coach at mabilis naming ipinatong ang mga kamay naming. **"Let's go BIS!"**

Bagsak ang balikat na tumayo ako at ininom ang natitirang patak sa bote ng tubig ko, nung maubos ko yun ay pabato ko yung inilagay sa basket namin at naglakad papunta sana sa court pero..

"Deib."

Dahan dahan akong napalingon nung marinig ko ang isang pamilyar na boses.

Dahan dahan rin akong lumingon upang kumpirmahin kung sino ang nagsalitang yun sa likuran ko.

"K-Kim." nasambit ko.

"A-Are you okay?"

"H-Ha?"

"You don't look fine." bakas ang pag-aalala sa tanong niya.

"I am f-fine."

"Is there something wrong? H-Hindi kasi maganda ang laro mo."

"M-Magagaling ang kalaban e." pilit ang ngiting sabi ko.

"W-Wag mong isiping magaling sila dahil wala ng mas gagaling pa sa'yo. Sana wag kang kabahan, alam ko kinakabahan ka at natatakot ka sa kanila pero alam kong kaya mo yan. Kaya nyo yan Deib."

Ewan ko ba kung matutuwa ako o maiinis sa sinabi niya. Ang dating sa'kin nung mga sinabi niya ay puro negative.

May mga magaganda rin naman siyang sinabi pero pakiramdam ko alin man sa mga yun ay hindi nakapagpagaan ng pakiramdam ko.

Nakakainis!

"Thanks." nasambit ko na lang.

"Basta wag mong kalilimutan, nandito lang ako."

E ano naman?!

Parang wala sa sariling tinanguan ko na lang siya at saka ako naglakad pabalik sa court. Agad naman akong sinalubong ni Lee.

"Sana naman um-okay ka na hehehe." si Lee.

"U-Um-okay?? Bakit?!" takang tanong ko.

"Nakausap mo na si Kim e hehehe."

"H-Ha??"

"Hahaha. Tsh! Don't act innocent dre. I know you're just waiting for her to arrive para makapaglaro ka ng maayos, stop shiiitttin' me."

Seryoso dre, hindi ko siya hinihintay.

"A-Ahh hehe."

"Let's bring it on."

"Y-Yeah." kunwaring sagot ko at nag-apir pa kami saka tuluyang pumunta sa kanya kanya naming pwesto.

"Pustahan tayo dre, matatapos 'tong laro'ng 'to at tayo ang mananalo."

Gulat akong napatingin sa tabi ko.

SI TOB!

"A-Alis nga!" inis na sabi ko dahil nakatiad pa siya at kasalukuyang malapit sa tenga ko. **"Nakakadiri ka!"**

"Tae! Lumapit lang ako para walang makarinig!"

"Ulul ka! Sa layo nung mga kasama natin natakot ka pang may makarinig!? Kahit kelan bading ka!" sigaw ko sa kanya habang kunwaring pinapagpag pa ang tenga ko.

"Hahahaha! Kung makailag ka naman! Kinilabutan ka ba dre!? Hahahah pucha kung ganon ikaw ang bading sa'tin!"

"Ulul manahimik ka!"

"Hahahaha sige lang Enrile sinasabi ko sa'yo, maya maya lang gaganda ang laro mo!"

"A-Ano bang pinagsasasabi mo dyan!?" takang tanong ko pero hindi niya na ako nasagot dahil muling pumito ang referee.

~PRIT!~

Mabilis na nagsimula ang fourth quarter.

34 ang lamang nila, sana nga Tob mahabol pa natin.

Mabilis akong tumakbo nung makita kong abala si Tob sa paghahanap ng tyempo para maipasa kay Lee ang bola pero wala siyang lusot kaya naman nung makatyempo ako kay Gonza at mabilis akong tumakbo papalapit kay Tob at maswerteng nasalo ang bola pagkapasa nya kaya naman mabilis akong tumakbo papalapit sa ring at-----

My turn, yari ka sa'king Gonza ka!

Shoot!

"Waaa!"

"Ang galing mo Deib!"

"Gooo Enrile!"

"Yie galing ni Deib hihi."

Mabilis na nakuha nung taga-Luna ang bola at tumkbo papunta sa court nila munit hindi pa man ito nakakaporma para maihulog ang bola at mabilis na naagaw ni Lee ang bola at muling tumakbo papalapit sa'kin at ipinasa ang bola kaya naman walang kabantay bantay kong naihulog ang bola.

'wo points!!

"Waaaaa!"

"Galing!"

"Go BIS!"

Muling napunta sa Luna ang bola at tulad kanina ay tumakbo sila papunta sa court nila at kamalas malasang nung subukan ng isa sa kanilang tirahin ang bola ay natapik ni Lee yun sa ere dahilan para masambot ni Tob ang bola at malakas na ibato papunta sa'kin kaya naman nung muli kong masalo yun ay mabilis akong tumakbo pabalik sa court namin.

Munit hindi tulad kanina na libreng libre kong naipasok ang bola. Ngayon ay kasalukuyang nasa harap ko si Gonza at nahihirapan akong makaiwas sa kanya. Nakangisi siyang inihaharang ang katawan at mga kamay niya sa dadaanan ko habang paulit-ulit ang dribol ko ng bola. Nung makahanap ako ng tyempo ay kunwari kong inihakbang ang kaliwang paa ko sa kanan niya at saka ako umikot at.

"A-Argh!"

Nasaktan ako sa malakas na pagharang sa'kin ni Gonza dahilan para mapatalsik ako at dumulas sa ilalim ng court.

~PRIT!~

"Flagrant Foul! LU! Kev Gonza! Number 11! Hitting!"

"A-Ano!? Ref naman!" depensa ni Gonza! **"A-Anong ginawa ko naman!?!"**

"Violent contact with the opponent!" sigaw muli ni Ref na kaharap mismo si Gonza.

"P-Pero ref naman!"

"BIS! Free throws plus the offense retaining possession of the ball after the free throws!" malakas na sigaw ni ref habang nakaturo at nakatingin sa'kin. Mabilis naman akong tumayo mula sa pagkakaupo ko at ipinahid pa ang dalawang kamay ko sa jersey shorts ko.

"Let's go Deib!" dinig kong sigaw nina Lee at Tob.

"Score Deib!" sigaw naman nina Remson at Ivan.

Nagfocus ako sa ring habang dinidribol ang bola.

Mahulog ka. I need to score, please.

"Go Deib!"

"Deib for the win!"

"Let's go BIS!"

Tumitig ako sa ring at dahan dahang ipinusisyon ang kamay at katawan ko saka itinira ang bola.

SABLAY!

"Tss."

TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!

Mabilis na kumabog ang puso ko nung marinig ko ang pamilyar na expression na yun.

Dahan dahan akong napatingin sa ilalim ng court at..

Pinikit at idinilat ko ang mga mata ko pero hindi ako nagkakamali. Hindi ako nagkakamali sa nakikita ko.

SI TAGURO!

Biglang huminto ang mundo ko.

Nakatayo siya sa ilalim ng ring at nakasandal habang magkakrus ang dalawang kamay at paa at nakangitin sa'kin.

"Tsk tsk tsk tsk." iiling iling pang sabi niya at saka sumenyas sa'kin. **"Continue."**

AT HINDI KO NA NAPAGILAN ANG SARILI KONG MAPANGITI SA KANYA!

Nakangiti akong tumingin sa ring at dahan dahang ipinusisyon kong muli ang mga kamay at katawan ko saka itinira ang bola.

SHOOT!

"Kyaaaa!"

"Waaaa!"

"Let's go BIS!"

Napatingin pa muna ako kay Taguro at nakatingin siya ng deretso sa mga mata ko habang nakangiwi pa ang labi niya na parang pinapakitang hindi siya bumibilib sa ginawa ko.

Pero wala akong pakialam dahil..

Makakapaglaro na'ko ng maayos kasi nandyan kana.

"Yehey!"

"Galing mo Kuya Deib!"

"Go baby! I love you hihi!"

Gulat akong inilampas ang paningin ko kay Taguro at dun nakita ko sila Mommy, Daddy, Joan, Nono at Manang na kumakaway at todo ngiti sa'kin. Nginitian ko rin sila at saka ulit ako nagpahulog ng isa pang bola.

Hulog!

"Yie! Go baby Deib!"

"Go Kuya!"

Iniiwas ko ang paningin ko sa kanila at muling nagtama ang paningin namin ni Taguro.

Tulad dati ay walang expression at blangko ang mukha niya. Pero hindi ko alam kung bakit ngayon pakiramdam ko ay kumikislap ang mga mata nya habang nakatingin sa'kin. Hindi ko alam kung pano kong natagalan ang mga titig niyang yun, dahil ang tanging alam ko ang sarap sarap sa pakiramdam habang nakatingin kami sa isa't isa.

OceanofPDF.com

CHAPTER 105 : INTERHIGH

MAX'S POV

Nakakatawang isipin na ang kaninang SASABLAYING si Sensui ay nakapuntos matapos akong makita.

Nagkataon lang ba yun? O sadya talaga?

Hindi ko maintindihan kung bakit iba ang naging dating sa'kin nung ngiti niya matapos niya'ng makipagtitigan sa.kin bago tumira.

Masyadong malayo yun sa Sensui'ng kilala ko.

Ilang beses ko na siyang nakitang ngumiti, tumawa at humagakhak pero ni minsan ay hindi naging bago yun sa paningin ko dahil tulad ng ibang tao, normal rin lang sa paningin ko ang tawang yun. Pero yung ginawa niya ngayon ay nakakapanibago. Matamis ang mga ngiting iginawad niya sa'kin at napuno talaga ang isip ko ng pagtataka.

Anong ibig sabihin nung mga ngiti at tinging yun Sensui??

Ang dating sa'kin nun ay nakapuntos siya dahil bigla niya akong nakita.

Gayunpaman, ayokong masamain ang ibig sabihin nun dahil mahirap na.

Baka nagkakamali lang ako.

Matulin na tumakbo ang taga-Luna matapos tumira ni Sensui na agad namang sinundan ni Lee. Palitan ng hakbang at pasahan ng bola ang paulit-ulit nilang ginagawa at bawat magandang kilos ay gumagawa ng ingay dahilan para dumagundong sa hiyawan at palakpakan ang buong Basketball court.

"Waaaa! I love you Lee!"

"You're the best Tob!"

"Shocks! Ang galing mo Deib! Love you na talaga!"

"Let's go BIS!"

"BIS for the win!"

"Go Enrile!"

"Yaa! Tobi!" si Michiko.

"Go! Go! Go Papa Lee!!" si Migz.

"Huhuhu ang galing ni Deib sobra!"

"Oo nakakainlove na talaga siya! I looove you Deib!"

"Let's go Enrile!"

"Puntos pa!"

"Waaaa ang gwapo mo Deib!"

"Gwapo na, magaling pa! Nag-iisa ka Enrile!"

"Ako na lang ligawan mo! Hindi'g hindi kita sasaktan!"

"No ako na lang! Hindi kita ipagpapalit kahit kanino man!"

"Mamahalin kitang tunay Deib!"

"Ako ang gagastos sa kasal Deib!!"

Halos ang lahat ay Deib Enrile ang isinisigaw. Lalo na kapag nakakapuntos siya ay naghihiyawan at tilian talaga ang mga babae. Bawat tira niya ay ginagawaran niya ng ngiti dahilan para magkandirit sa upuan ang bawat babaeng nandoon.

Tili dito.

Tili doon.

Sa dami ng babaeng nahuhumaling sa'yo, bakit mo pinili yung babaeng sakit lang ang idudulot sa'yo? Tsk tsk tsk. Engot.

Iginala ko ang paningin ko at nakita ko sa bench kasama ng ibang teammates nila si Kim.

Bakas sa kabuuan ng mukha niya ang paghanga sa paglalaro ni Sensui, bahagya siyang nakangiti at halatang kinikilig siya sa bawat kilos at tira na ginagawa ni Sensui. Minsan pa'y mapapatayo siya sa tuwa at walang piglas sa pagngiti at pagpalakpak.

Ang laki ng sinayang mo tsk tsk. Bakit nga ba may taong tulad mo? Alam mo namang gustong gusto ko nung tao, hindi ka na nga nagpakatotoo, nagawa mo pang manloko.

Sabi ko sa isip ko habang nakatingin kay Kim na kasalukuyang pumapalakpak dahil nakascore na naman si Sensui.

"Waaaaa!"

"Sinabi ko na nga ba hindi tayo bibiguin ni Deib e!"

"Baka MVP ng BIS yan!"

"Super galing mo Deib!"

"Let's go BIS!"

"6 points na lang pantay na! Dagdagan mo pa ng 2 points lamang na! Let's do this BIS!"

"Go Lee!"

"Let's go Tob!"

"Go Deib!"

"We love you BIS!"

King inang yan, bakit sa'kin walang sumisigaw ng ganyan!?

At doon ko lang natitigan si Sensui.

Mula ulo hanggang paa ay tinignan ko siya.

Hindi ko maitatangging gwapo talaga siya. Matangkad. Maputi. Ang totoo kung titignan mo ang binti niya ngayon, akala mo manekin na may katawang tao. Payat pero malakas ang dating. Halatang mayaman. Malinis tignan at malinis naman talaga sa katawan. Parating umaalingasaw sa bango at kung makakausap mo siya ng malapitan, maaamoy mo ang amoy toothpaste niyang hininga. Maayos sa buhok at makinis ang mukha. Pinong pino at walang kagusot gusot sa damit. Kahit uwian na nga ay maayos pa rin tignan ang uniporme niya.

Tss, parang ngayon ko nga lang ulit siya nakitang pinagpapawisan.

Mabait rin naman kung minsan at nakakatuwa ang pagiging mainitin ng ulo niya. Yung tipong tatanongin mo lang ng minsan, pasigaw na ang sagot niya na akala mo may nagawa ka sa kanya?

Pikon masyado.

Nakakatuwa rin mga ekspresyon ng mukha niya. Kapag malungkot siya ay talaga namang mukhang malungkot talaga. Kapag natutuwa ay sobra naman sa pagkatuwa dahil ultimong bagang niya ay makikita mo na. Kapag galit ay mukhang galit namang talaga dahil lahat ng litid niya, bumabakat sa leeg niya.

Hindi ko naiwasan ang mapangiti.

Nakakatuwa rin talagang isipin na ang isang gunggong na tulad mo ay makakabangga ang isang hambog at wirdong tulad ko.

Natigilan ako bigla nung magtama ang paningin namin.

Paulit-ulit niyang dinidribol ang bola habang nakangiti papalapit sa ring kung saan nakasandal pa rin ako at nanonood.

Ano na naman ang mga ngiting yan?

"Waaa!"

"Shoot it!"

"Shoot yan malamang!"

"Go Deib!"

Ngumiti siya at parang kumislap pa ang mga ngipin niya at saka mabilis na tinira ang bola at..

~ENK!~

"Kyaaaa!"

"Waaaa!"

"Yaaaa!"

"Yehey!"

"Three points!"

"Let's go Deib!"

"Shet kinikilabutan ako ang galing nila!"

"Sinabi ko na nga ba at petiks lang sila nung una kaya nakakascore ang Luna!"

"Dagdag mo pa yung galing ni Deib! Nakakabilib grabe!"

"At sobrang gwapo pa! Hahaha!"

"Tama ka dyan Laurice! Buti nga kamo at bumalik na sa dati ang laro niya."

"Yiee e paano kasi, nandyan na si Ate Kim!"

"Oo nga e, grabe no? Kinausap lang siya ni Ate Kim naging okay ang paglalaro niya!"

"Nakakakilig sila grabe!!!"

"Sinabi mo pa!"

Kawawang Sensui, tsk tsk tsk.

Mabilis kong iniiwas ang paningin ko sa kanila at tumalikod kila Sensui, naglakad ako papalapit sa bench. Ang totoo ay nandito ako dahil nabigla ako sa pagdating nila Maze at Chairman Moon sa pwesto kung saan kami nakaupo nila Dad, Maxrill at Maxwell. Nasa gawing kanan ko pa rin sila at hinihintay kong umalis sila dun. Sila Naih, Migz at Michiko naman ay nasa ibaba lang nung bench na yun kaya naman wala rin akong mapwestuhan ngayon.

"Maxi!"

Gulat akong napalingon sa bandang kaliwa ko at natigilan pa ako nung makita ko ang ngiting ngiting Mommy ni Sensui.

Amp, not again.

Nakangiting kumaway siya sa'kin dahilan para mapilitan akong ngumiti sa kanya at kumaway rin. Pero sumenyas siya sa'kin na pinapalapit ako kaya naman matapos magitla ay agad akong naglakad papalapit sa kanila.

"Yiee! Deib scored after seeing you, what a very sweet scene!! Yiee hihihi!" si Mrs. Enrile.

Eh? Napansin rin niya?

"A-Ahh that hehe. Nagkataon lang ho siguro."

"Ohh? I don't think so, hihihi."

"Hehehe nakakascore rin naman ho siya kanina nung hindi niya pa ako nakikita."

"Yeah but right after he failed a shot he saw you and didn't miss the next shot! Hindi na nga siya nagmiss ulit e! Mmm yiee."

What the heck?? Tinutukso niya ba ako sa anak niya?? Okay lang siya?

"Have a seat Max, join us." si Mr. Enrile.

"Thanks Mr. Enrile---"

"Hi Ate Max." seryosong bati sa'kin nung batang babae. Joan ang pangalan n'ya sa pagkakatanda ko. **"Nandito ka po ba para panoorin ang kuya namin?"**

"Joan." si Manang.

"Nay tinatanong ko lang naman po e."

"Paupuin mo muna ang Ate mo, upo ka iha." nakangiting baling sa'kin ni Manang.

"S-Salamat ho."

"Ate---nandito ka po ba para panoorin ang Kuya namin??"

Inulit pa.

"Ahh hehe, oo."

"Talaga po?!"

Bakit parang gulat pa!?

"Oo hehehe." utal na sagot ko.

"Bakit mo po siya pinapanood Ate?"

"Ahh hehem magkaschoolmate kasi kami ng Kuya mo, kaya kailangan niya rin ang suporta ko."

"Ahh, player ka rin ba Ate?"

"Mmm, billiards."

"Oh?! Talaga po Ate? Wow ang galing."

"Pinapanood ka rin po ba niya sa laro mo Ate?" tanong nya ulit.

"Mmm, kanina nanood siya nung laban ko."

"Talaga po? May relasyon po ba kayo ni Kuya?"

"Ha?!" gulat na tanong ko.

Anak ng.. Sa edad mong yan paano mo nagagawang magtanong ng ganyan!?

"Ate." inuga uga niya yung kamay ko. **"Tinatanong ko po kung may relasyon kayo ni---"**

"Wala! Wala hehe." wala sa sariling sagot ko.

Lokong bata 'to.

"Ahh. Buti naman Ate, kala ko po kasi meron.. Nung nakita ka po kasi kanina ni Kuya, bigla siyang nakatira---"

"Joan." si Manang.

"Nanay, kinakausap ko lang po si Ate."

"Aba e paanong makapapanood pa ang Ate mo kung panay ang tanong mo? Panoorin mo na lang muna ang Kuya mo. Pagpasensyahan mo na ang anak ko iha." baling sa'kin ni Manang.

"O-Okay lang ho, hehe."

"Shoot!"

Gulat akong napatingin kay Mrs. Enrile at sa tinitignan niya. Sabay pa sila ni Mr. Enrile'ng napatayo at pumalakpak.

"Nice son." si Mr. Enrile.

"Ang galing galing ng baby ko! He really is inspired! Yiee!" nakangiting sabi ni Mrs. Enrile na sumulyap pa sa'kin bago muling maupo.

Hindi ko naman yun pinansin at tumingin na lang ako kila Sensui.

Si Lee ang kasalukuyang may hawak ng bola at nagtuturo habang patuloy sa pagdridribol ng bola. Nung malingat ang nasa harap niya ay mabilis siyang tumakbo at pinahulog ang bola.

"Kyaaaaa!"

"Go Lee!"

"Yaaaa ang gwapo ni Lee don sa move na yun!"

"Super!"

"We love Lee!"

Hawak ng LU ang bola at patuloy ang pagdridribol nung.

Kev Gonza? Siya yung paulit-ulit na nagpakilala sa'kin kanina!

Hindi ko inaasahang makikita ko talaga siya.

Siya nga pala si Kev Gonza na taga-Luna. Ahh yeah. I remember.

Napatingin ako sa kanya lalo at mabilis ang pagdridribol niya ng bola na nilalaro pa sa pagitan ng mga hita niya. Nakangiti siya habang nakatingin kay Sensui na kasalukuyang kapareho niyang nakatagilid sa amin. Sarkastiko ang pagkakagiti niya at bakas naman kay Sensui ang pagkainis.

Pikon talaga tsk tsk.

Parang nakakalokong nakaiwas si Kev kay Sensui at mabilis na tinakbo ang ring nila at hinulog ang bola.

"Kyaaaa!"

"Go Kev!"

"We love you Kev!"

"Let's go LU!"

"Go Luna!"

Iiling-iling namang dahan dahang tumakbo paatras si Deib papunta sa ring nila habang nakatingin kay Tob na nagdridribol ng bola at nagtuturo ng kung anong magandang magiging pwesto nila.

"Go Tob!"

"Galingan mo Tob!"

"We can do this Tob!"

May tinurong pwesto si Tob at mabilis na tumakbo doon si Sensui at nung magsunuran sa kanya ang mga taga-Luna ay nagulat ang lahat ng mabilis na tumakbo si Tob papunta sa ring nila at umastang titira at...

"Aaaah."

"Kyaaa!!"

"Let's go Jermayne!"

"Ang galing!"

"Sayang naman."

"Kaya mo yan Tob!"

"Let's go LU!"

Natapik nung taga-Luna ang bola dahilan para hindi maihulog ni Tob ang bolang sinubukan niyang ihulog.

Parang nanghihinayang namang tumakbo sya pasunod sa mga taga-Luna at gayon rin naman si Sensui, nung biglang..

"Waaaa!"

"Let's go Leee!"

"Lee! Lee! Lee!"

"Kyaaaa!"

"Galing talaga!"

NAAGAW ni LEE ang bola mula doon sa Jermayne daw na taga-Luna. Mabilis siyang tumakbo at malayo sa kanya ang mga taga-Luna. Libre ang court nila kaya naman mabilis niyang naihulog ang bola at...

"Shoot!"

"Kyaaaa!"

"Waa!"

"Yaaaa!"

"Let's go BIS!"

"Lamang na tayo! Let's do this BIS!"

"BIS for the win! Go go go!"

"Last 30 seconds." malakas na sigaw ng announcer.

"Kyaaa!"

"Let's go LU!"

"Let's do this BIS!"

"Luna for the win!"

"BIS for the CHAMPION!"

"Lamang na ang BIS kaya madali na yan! Let's go BIS!"

~ENK!~

~ENK!~

~ENK!~

~PRIT!~

Malakas na pumito ang referee.

Pumunta sa bench ang team ni Sensui at ng LU at saka kinausap ng kanikanilang Coach.

"Ano na bang score?" tanong ni Mr. Enrile na tumayo pa at tumingala sa score board. **"Oh lamang ang BIS, ng two points."**

Tss, kayang kayang habulin yan sa sampung segundo serr.

"Sana hindi na sila mahabol." nakangusong sabi ni Mrs. Enrile.

"Sampung segundo pa ho yun, pwede silang mahabol sa loob ng sampung segundo lalo na at sa Luna na ang susunod na bola." sabat ko.

"Ha?! Ganon ba yun!?" gulat na tanong ni Mrs. Enrile at tinanguan ko naman agad siya.

"Hala! Huhu, sana hindi na sila mahabol. Sana maagaw ng baby ko yung bola then makashoot siya!"

"Hehe. Sana nga po." sagot ko na lang.

DEIB'S POV

Biglang nagtawag ng breaktime ang Luna kaya naman wala kaming choice kung hindi ang bumalik sa bench kung kailan 10 seconds na lang ang time remaining.

Nakakabadtrip!

Inis akong bumalik sa pwesto namin at uminom habang nakikinig kay Coach.

"Guys listen. Lamang na tayo sa Luna pero hindi tayo kailangang magpakasiguro dahil sa loob ng sampung Segundo, yang scores na yan ay pwedeng mabago. Sa loob ng sampung Segundo, isa sa dalawang team na 'to ang pwede pa ring pumuntos." seryosong sabi ni Coach na tinitignan pa kami isa-isa. **"Hindi sana 'to problema kung hawak natin**

ang bola pero, pagbalik niyo sa court na yan ay hawak na ng Luna ang bola at hindi imposibleng makapuntos muli sila. Dalawang klase puntos ang meron sila, dos o tres. Kapag nakados sila tie tayo, kapag nakatres sila, talo tayo."

"Tsk badtrip." si Remson.

"Sayang talaga." si Ivan.

"Sana hindi na lang nagtawag ng break e." si Chris.

"Pero kahit na hindi sila magtawag ng break ay nasa Luna na ang bola dahil si Gozon ang huling nakapuntos. Wala na tayong ibang choice kung hindi---"

"Agawin ang bola." seryosong singit ko.

"Exactly Enrile." seryosong sabi ni Coach sa'kin na nakaturo pa mismo sa'kin. **"Wala tayong ibang lusot ngayon kung hindi ang maagaw ang bola mula sa Luna. Kung hawak nila ang bola pagbalik sa court, kung maagaw niyo ang bola sa loob ng sampung segundo na yun panalo na tayo. Kahit hindi niyo na ihulog---panalo tayo non."**

"Yes Coach."

"At naniniwala akong kaya niyong gawin yun team."

"Yes Coach!"

~PRIT!~

"Okay on three." sigaw ni Coach at sabay sabay naming ipinatong ang kamay namin sa kamay niya. **"Let's go BIS!"**

"Wooh!"

"Kyaaaa!!"

"Let's do this BIS!"

"Let's go Enrile!"

"Deib for the win!"

"C'mon LU! Habol!"

"Go LU! Kaya pa yan!"

"LU for the win!"

Tumayo ako at astang maglalakad na pabalik ng court nung biglang..

"Deib."

"K-Kim?? Bakit?"

"Galingan mo, alam kong kaya mo yan. Ipanalo mo." matamis ang ngiting sabi niya na humawak pa sa kamay ko. Saglit naman akong napatingin sa hawak niyang yun at mabilis ring ibinalik ang paningin sa kanya.

"A-Ahh haha, susubukan ko---"

"Alam kong kaya mo yan. Nandito lang ako."

Tch! Nagpapatawa ka ba?!

"O-Okay."

"Alam kong mananalo kayo---"

"I have to go." pigil ko sa kanya at saka dahan dahang inalis ang kamay niya. **"Thanks."** pilit ang ngiting dagdag ko pa at saka naglakad papunta sa court.

"Waaaa!!"

"Ang gwapo mo Deib!"

Matagal na.

"I love you Deib!"

"Marry me Deib!"

Sorry I'm taken..

"Galingan mo Deib!"

"Deib for the win!"

Sana..

Mabilis akong tumingin sa pwesto kung saan ko huling nakita si Taguro kanina.

~TING! TING! TING!~

Nasan na yun!?

Inis kong iginala ang paningin ko munit hindi ko siya nakita malapit sa pwesto kung saan ko siya nakita.*'Nakakainis naman!*

"Deib! Baby!"

Huh??

Muli kong iginala ang mga mata ko at..

Mom?!

WTF!?

Laking gulat ko nung makita ko si Mommy na sumasayaw at nagkakakaway sa'kin habang panay ang turo kay Taguro.

Mom anong ginagawa mo!! Mahahalata ako dahil sa'yo!!

Taka namang tumingin si Taguro kay Mommy bago pa tumingin sa'kin.

"Go baby!"

"A-Ahehe." pilit ang ngiting iginanti ko kay Mommy at saka tumingin kay Taguro.

Para akong matutunaw sa tingin niya sa'kin dahil parang hindi man lang siya kumukurap.

Ang cute cute niya, hehehe.

Gayunpaman ay hindi ko napigilan ang sarili kong mapangiti habang nakatingin sa kanya kaya naman para hindi na ako mahalata ay mabilis akong tumalikod sa kanila at humarap sa sideline.

Pumwestong muli ang referee sa pagitan ni Orquiza at Lee, may sinasabi siya sa kanila at di ko man lang nagawang pakinggan dahil.

"Handa ka na ba?!" nakangising tanong sa'kin ni Kev Gonza.

"Saan?!" inis na tanong ko.

"Matalo at mapahiya? Hahaha!"

"Tch, wag kang magsalita ng tapos."

"Ikaw rin, basta, winarningan kita hahaha." mayabang na sabi niya at ewan ko kung bakit mabilis na tumibok ang puso ko. Hindi ko yun pinansin dahil.

~PRIT!~

"Kyaaaa!"

"Let's go!"

"BIS!"

"LU!"

"BIS!"

"LU!"

Natapik ni Orquiza ang bola at mabilis namang nasalo ni Gonza kaya naman mabilis kaming tumakbo ni Tob para harangan si Gonza sa pagtira. Mabilis siyang nakailag kay Tob kaya naman ako ang humarang sa kanya.

Laking gulat ko nang sa hindi ko inaasahan ay bigla siyang huminto sa pwesto kalahating dipa ang layo mula sa'kin.

Badtrip!

Hindi ko inaasahan ang mabilis na kilos na ginawa niya. At mas hindi ko inaasahan ang mas mabilis pang pagtalon niya at tinira ang bola.

Parang nagslow motion ang lahat at tanaw na tanaw ko kung paanong dumaan sa ibabaw ng paningin ko ang bola.

'Pakshet!

Mabilis akong tumalon at sinubukang tapikin ang bola munit.

~TEN TENEN TEN! TEN TEN! TENENENENENENENEN TEN! TEN TENEN TEN! TEN TEN! TENENENENENENENENEN TEN! TEN TENEN TEN!"

~ENK!~

"Kyaaaa!"

"Ang galing!"

"Waaaa!"

~PRIT!~

"Hulog!"

"Yaaaaa!"

"Kyaaaa!"

"Yehey!"

Dumaplis man sa tatlong daliri ko ang bola ay hindi naging sagabal yun at nahulog pa rin ang bola dahilan para makapuntos sila.

Demmit!

"And that ends the game!" malakas na sigaw ng announcer. **"It's a tie between Luna University and Brint International Schol!"**

"Ahhh." malakas na sabi nang mga taga-BIS.

"Nakakainis naman."

"Sayang."

"Oo nga e."

"Hindi bale may susunod pa naman."

"Tama!"

"Sana manalo na sila sa susunod."

"Di bale tie naman e. Kung talo ang BIS mas hindi ko matatanggap."

"Oo nga, at least tie."

"Mmm, ibig sabihin maglalaban at maglalaban pa rin talaga sila."

Parang nanlulumong naglakad ako pabalik sa bench.

"Okay lang yan BIS team!"

"Oo nga!"

"Hindi naman tayo natalo kaya ayos na yan!"

"Tie ang laban kaya may kasunod pa yan!"

"Sa susunod panalo na yan!"

"Panigurado!"

"Oo! Dahil alam na nang BIS ang paraan ng paglalaro ng Luna!"

Parang kusang nawala ang pandinig ko dahil hindi ko na pinakinggan ang mga naririnig ko.

Naiinis ako.

Kaya naman naming Manalo, pero bakit kailangang mag-tie pa?!

Hindi ako makakapayag ng ganon! Ibig sabihin patas lang ang laro naming dalawa?! Tch! Nakakainis! Hindi pwede!

Inis akong tumingin sa pwesto ng Luna at panay ang tawanan nila at ang apir nila sa isa't isa. Ang iba pa sa kanila ay nagyayakap at bakas sa mga mukha nila ang tuwa. Lalo na yung punggok na Gonza na yun at si Orquiza na walang ginawa kung hindi ang mag-usap saka tatawa nang malaas na mula doon hanggang dito ay dinig ko pa.

Hindi ako papayag na maging pantay ang laro mo at laro ko, dahil height mo pa lang--luging lugi na ako!

Bigla akong napatigin sa pwesto nila Taguro.

WTF?!

Wala pa ring tigil sa pagchicheer si Mom. Hindi ko dinig ang isinisigaw niya pero dahil walang tigil ang paggalaw sa ere ng mga kamay niya ay alam kong nagchicheer pa rin siya.

Tch, thanks Mom.

Natatawa ako sa itsura ni Mom kahit papaano dahil kahit na tie suportado pa rin niya ako. Napatingin ako kila Dad at kila Manang and kids at mukhang okay lang rin sa kanila ang naging laro namin. Saka ako muling tumingin kay Taguro. Hindi siya nakatingin sa'kin. Malayo ang tingin niya at hindi ko mawari kung san yun.

Blangko na naman ang mukha niya at walang ekspresyon.

Salamat sa pagpunta.

Kusa pa rin akong napapangiti sa tuwing maiisip ko yung nangyari kanina, kung paano kong naihulog ang bola matapos ko siyang makita. Hindi ko pa rin maipaliwanag yung tuwang naramdaman ko sa puso ko nung mismong oras na magtama ang paningin naming dalawa.

Ang sarap lang sa pakiramdam. Hays.

Oh!?

Dagliang nawala ang ngiti sa mga labi ko nung makita ko siyang tumayo. Kumaway pa muna siya kila Mommy at saka nakapasok ang dalawang kamay sa bulsang naglakad papalayo!

Saan naman kaya ang punta nun?!

Inis naman akong hinabol siya ng tingin pero dahil sa dami ng taong naglalakad kasabay niya at nawala siyang bigla sa paningin ko.

Nakakainis!

Habol ang hiningang naibagsak ko ang katawan ko sa upuan at tumungo habang inis na nakatingin sa sahig at naghahabol ng hininga. Doon lang ako nakaramdam ng pagod. Doon ko lang naramdaman ang pawis na tumatagaktak sa buong katawan ko. Doon ko lang naramdaman ang init.

"Okay lang yan team!" malakas na sabi ni Coach! Sa tono ng pananalita niya ay bakas pa rin ang pagkatuwa niya. **"Masaya ako sa resulta dahil kahit na tie ang laban, the fact na nahabol natin yung malaking lamang sa puntos nila sa'tin kanina, isang malaking achievement na yun."**

"Yes Coach!" sigaw ng team mates ko at malakas pa silang nagpalakpakan.

"At least ngayon ay alam na nating kung paano silang maglaro at madali na para sa'tin ang pag-aralan ang mga tira nilang paulit-ulit lang rin naman. Alam kong may mas ilalabas pa kayo lalo na kapag nakalaban niyo na ang iba pang mga schools. Hindi nawawala ang tiwala ko sa galing at bilis ng team kong 'to!"

"Yes Coach!"

"Okay on three!" sigaw na naman niya at ipinatong nila ang mga kamay nila. **"Oh ikaw Enrile!?"** tawag niya sa'kin. Walang gana akong tumayo at nakipatong ng kamay sa kanila. **"Let's go BIS!"**

Nanlulumo akong naupo pabalik sa kinauupuan ko at tumingala saka pumikit, habol habol ko pa rin ang hininga ko pero mas okay na ako ngayon kesa kanina. Naiinis lang talaga ako dahil umalis si Taguro at hindi ko na naman alam kung pano ko siyang makikita.

"Deib, pawis na pawis ka."

Dagli akong napamulat ng maramdaman ko ang dampi ng towel sa mukha ko.

"K-Kim!?" takang usal ko. Gulat akong napatingin sa kanya habang nakaupo siya sa tabi ko at patuloy ang pagpunas sa pawis ko. **"A-Ako na."** pilit kong inagaw ang towel sa kanya.

"Okay lang."

"H-Hindi. Ako na."

"Ako na." nakangiting sabi niya. **"Okay lang."**

Sa;kin, hindi okay!!

"Akina, ako na lang."

"Deib!" malakas na tawag niya sa'kin at natigilan naman ako.

"Ako na okay?" parang nakikiusap na sagot niya. **"I miss doing this."** mahinang usal niya pa.

Wala naman akong choice kung hindi ang hayaan siyang punasan ang pawis ko. Kung dati ay naiilang ako dahil ayaw kong maamoy niya ang

pawis ko, ngayon ay naiinis ako sa ginagawa niyang pagpupunas sa pawis ko.

Kaya ko naman kasi mag-isa 'to! You miss doing this!? Tch! Then continue missing everything! Dahil hindi ko na gagawin lahat sa'yo yun ngayon!

Iniiwas ko ang paningin ko habang patuloy nyang pinupunasan ang pawis sa likod ko.

"Naks, ang sweet!"

Eh?!

Hindi pamilyar sa'kin ang boses na yun kaya naman salubong ang kilay kong nilingon kung sino ang nagsalitang yun mula sa kabilang side ko.

Si KEV GONZA!

Inis akong tumingin sa kanya at nakangisi siyang nakatingin sa'ming dalawa ni Kim.

"Girlfriend mo?" nakangising tanong nya pa at hindi ko naman siya sinagot. **"Haha next time miss, samahan mo rin sa court ang boyfriend mo---baka sakaling manalo hehehe."**

"Excuse me!?" inis na tanong ni Kim sa kanya.

"Tagalog please? Hehehe, salamat sa game bro, see you around pretty boy." nakangising sabi niya na sumulyap pa kay Kim saka nagtuloy sa paglalakad.

"Siraulo ba yun!? Kung magyabang akala mo naman nanalo!" salubong ang kilay na sigaw ni Kim habang nakatingin sa kanila at saka umupo at pinagpatuloy ang ginagawa niya. **"Kilala mo ba yun Deib!?"**

"Hindi." maikling sagot ko.

"Ang yabang masyado! Baka nakakalimutan nyang taga-Luna lang siya at bago lang sila sa sportsfest na 'to!" halatang inis na sigaw niya.

"Oops, hi Kim!" singit ni Tob.

"Hi Tob."

"Let's go?" singit naman ni Lee.

"Hi Lee!" nakangiting bati ni Kim sa kanya. **"Teka tatapusin ko lang 'to----"**

"Tara." bigla akong tumayo at niyaya sila. Hinila ko ang t-shirt ko mula sa bench ko at habang naglalakad ay hinubad ko ang sando ko para isuot ang tshirt ko.

"OMG gurls! Look!"

"Yaaa!"

"Kyaaaaa!"

"Ang hot ni Deib!"

"Waaaa I love you Deib!"

Parang napapahiyang dali dali kong isinuot ang tshirt ko at saka parang wala lang na nagtuloy sa paglalakad.

"Sshhk, wag kasing hubad ng hubad kung san san dre, kaya ka pinagpyepyestahan e!" biro ni Tob sa'kin.

"Tch, shut up Tob." inis na sagot ko.

"Natahimik ka bigla?! Hahahaha! Hindi matanggap ang naging resulta dre?!"

"Hahaha, that's Deib. Kailan ba natanggap ng isang Deib Enrile ang tie??" singit ni Lee at nagtawanan sila.

"Hahahahaa!"

Tch!

"Nagugutom ako, saan tayo kakain?!" biglang tanong naman ni Lee.

"Masarap naman kaya ang foods sa Canteen nila dito?!" biglang singit ni Kim na ikinawit pa ang dalawang kamay sa braso ko dahilan para mas lalo akong mainis. **"Sa mall na lang kaya tayo Deib---"**

"Baka may laro pa kami mamaya, dito na lang tayo." inis na pigil ko sa sinasabi niya.

"O-Okay." parang napapahiyang sagot ni Kim.

"Whew." sipol ni Tob.

Mabilis kaming naglakad papalabas ng court at sa quadrangle papunta sa Canteen ng SIS. Papasok na sana kami nang sa hindi inaasahan ay may napansin ako dahilan para mapahinto kami sa paglalakad sa mismong entrance.

"Hahaha, e bakit naman kasi hindi mo sinabi sa'king manonood ka pala!? Edi sana mas ginalingan ko pa!" mayabang na sabi ni Kev Gonza habang kaharap si TAGURO!

Inis akong napatingin sa kanilang dalawa at hindi ko naiwasang mapalapit pa sa kinatatayuan nila. Tinignan ko mula ulo hanggang paa si Gonza at bakas ang kayabangan sa tindig at pananalita niya.

Hindi ako sa sinabi niya nabadtrip e. Kung hindi sa ginagawa niyang pagkausap kay Taguro.

Kasama ni Taguro sila Naih, Michiko, Migz at BJ habang sila Maxwell at Maxrill naman ay nasa line at um-oorder munit nakatingin pa rin sa gawi

nila Taguro. Halos ang lahat ng nasa Canteen ay nakatingin sa kanilang dalawa.

Nakakainis 'tong punggok na 'to at talagang sa dinami rami ng babaeng nandito, si Taguro pa ang napansin mong peste ka!

"So ngayon ba, magpapakilala ka na sa'kin ha??" mayabang na tanong ni Kev na bahagya pang lumapit kay Taguro. **"Kasi hindi ka naman manonood ng laro ko kung hindi ka rin interesado sa'kin hehe."**

Ano?! Interesado siya dyan?! Tch! Aba e isa ka rin palang walang kataste taste Taguro!

"Tss, sino ba naman kasing may sabi sayo'ng ikaw ang pinanood ko sa labang yun kanina?" parang walang ganang tanong ni Taguro sa kanya dahilan para matigilan siya at mas mapatitig ako sa kanilang dalawa.

"Bwahahahaha!" hindi ko napigilan ang sarili kong matawa habang nakaturo pa kay Kev Gonza. **"Hahahaha!"**

"A-Anong itinatawa tawa mo dyan!?"

Gulat akong napatingin sa kanilang dalawa. Parehong salubong ang kilay nilang dalawa habang nagtatakang nakatingin sa'kin.

"N-Nothing." pigil ang tawang sagot ko kay Kev.

"Tsh! Anong ginagawa mo dito!?"

"M-Me?" takang turo ko sa sarili ko.

"Malamang!"

"Hahaha. I came here to eat. I guess."

"Deib, wag mo ng patulan." bulong sa'kin ni Lee.

"Hahaha patulan mo dre, nakakatuwang tignan e hahaha. Ang cute niyong pareho hahaha!" bulong naman ni Tob.

"Tob!" malakas na saway sa kanya ni Kim.

Hindi ko sila pinansin lahat dahil natatawa ako sa itsura ni Gonza at natutuwa ako sa naging sagot ni Taguro sa kanya.

Bleh! Hindi ikaw ang ipinunta ni Taguro hahahaha!!

Mabilis na iniiwas ni Taguro ang paningin niya sa'kin at saka sumulyap kay Kev at saka tumalikod sa kanya at astang maglalakad papalayo pero hinabol siya nang punggok.

"Teka, kinakausap pa kita e." nakangising sabi ni Kev na hinawakan pa ang braso niya. Mabilis namang inagaw ni Taguro ang braso niya at salubong ang kilay na tumingin sa kanya. **"Oooh hehe. Nakakatakot ang mga ganyang tingin mo pero nakakaturn-on."**

Anong nakakaturn-on!?

"So pwede ko na bang malaman ang pangalan mo? Alin ba sa mga sumusunod ang tunay na pangalan mo. Pein? Max? Maxpein? Taguro?!"

"Hahahahaha!" nagtawanan ang iba sa mga nandoon sa Canteen at taka namang napatitig lalo si Kev Gonza sa kanya.

"Haha bakit!? Anong nakakatawa don!? Yun Taguro?! Tsh! E sa yun ang naririnig kong isinisigaw nung mga nanonood kanina sa laban niya e, hehehe. Oh?! Ano nga don sa mga yun ang pangalan mo Miss Cutiepie?!"

Cutiepie!? Ang cheap!!

"Lahat yun pangalan niya! Hehehehehe!" biglang may sumigaw na isa sa mga kumakain doon sa Canteen.

"Oh I knew it. Ikaw si Max, ikaw si Pein, ikaw si Maxpein at ikaw rin si Taguro hehehe. I wonder, why Taguro!?" nakangising tanong ni Kev pero nananatiling nakatingin sa kanya si Taguro. **"B-Baka gusto mong magsalita? Hehehe."** parang napapahiyang tanong niya at mas hindi ko naiwasan ang matawa.

"Hahahaha!" malakas na tawa ko at muli siyang napatingin sa'kin.

"A-Ano bang itinatawa tawa mo dyan?!" inis na tanong sakin ni Kev.

"You look funny." sarkastikong sagot ko.

"Ahh funny pala ah!"

Sumugod siya sa'kin at mabilis siyang nakarating sa harapan ko.

"Ano bang trip mo ha! Kanina ka pa ah!" malakas na sigaw niya sa mismong mukha ko. Gulat naman akong napatingin kay Taguro at mas gulat akong makitang wala man lang nagbago sa itsura niya dahil nananatili itong blangko. Pasiring niyang inalis ang paningin niya sa'min at saka naglakad papalayo.

Tatawa tawa namang sumunod sa kanya si Parrot at yung mga kasama niya.

"Ano!? Bakit hindi ka sumagot!" malakas na namang sigaw ni Kev sa'kin.

"K-Kev tara." yaya ni Orquiza sa kanya.

"Teka---pucha lokong 'to---masyadong mayabang e! Ano ha!? Anong trip mo!"

"Would you please stop shouting! You're spitiing on my face, damn it!" inis na sigaw ko. **"Wag na wag kang mangtitrip ng iba, kung pikon**

ka rin naman pala." mayabang na sabi ko sa mukha niya at saka ko siya nilampasan at naglakad papunta sa linya.

"Whew, hahaha! Laugh trip yun." si Tob. Natatawa pa akong sinulyapan siya.

"Deib ano ba? Sana hindi mo na pinatulan!?" si Lee.

"Tch, you know me Lee."

"Oo nga pero sana hindi mo na lang nga pinatulan..

"It happened already Lee." tatawa tawang sagot ko.

"Loko ka talaga." iiling iling na sagot ni Lee at saka inilapag ang gamit nya sa table na napili namin.

"Akina yung gamit mo Deib."

Gulat akong napatingin kay Kim na nasa tabi ko rin pala.

Nawala ka sa isip ko Kim, nandyan ka nga pala.

"A-Ako na." pilit ang ngiting sabi ko sa kanya at saka ko inilapag ang gamit ko sa tabi ni Tob at sa gilid niya

"Dito ka nalang sa tabi ko." nakangusong sabi niya sa'kin.

"Dito nalang ako---"

"Pleas?" parang batang pakiusap niya.

"Yiee hehe. Ako na ang oorder ng food natin, dyan na lang kayo." nakangiting sabi niya at saka mabilis na pumunta sa line. Taka namang sinundan namin siya ng tingin.

"Hoy Lee, sundan mo yung pinsan mo. Tulungan mong magbuhat ng food papunta dito." seryosong sabi ni Tob.

"Tsh." iiling iling na tumayo naman si Lee. "**Tinext ko sila Coach, parating na sila, sabay sabay tayong kakain."** dagdag pa niya at saka naglakad papalapit kay Kim.

Mabilis ko namang iginala ang paningin ko at hinanap kung saan ang pwesto nila Taguro.

Napangiti ako bigla nung makita ko siyang parallel mula sa pwesto ko.

"Hoy."

"A-Ano na naman!?" inis na tanong ko kay Tob. Iniiwas ko ang paningin ko sa kanya at saka tumingin ulit kay Taguro at ngumiti.

"Tsk tsk, nakakadiri ka kinikilig ka?!" natatawang tanong niya.

"Haha, e ano naman!?"

"Nay! Kinikilig 'to e!"

"Hahaha." tawa ko nalang.

"Shhk, hindi ko alam kung matutuwa ako sa nangyayari sa'yo o ano e hahaha. Pero sa ngayon, ang masasabi ko lang nakakatawa ka haha!"

"A-Ano namang nakakatawa sa'king bwisit ka!?" inis na tanong ko.

"Kasi kitang kita sa'yong kinikilig ka at hindi mo maitago ang kilig mo! Ganyang ganyan rin ako noon kay Michiko e hahahaha!"

"T-Talaga?!"

"Mmm, pero mukhang mas malala ka hahaha! Kasi hindi naman ako yung ganyan."

"A-Anong ganyan!?"

"Yung palihim na titingin tapos ngingiti ng ganyan?!" sabi niya habang nakaturo sa'kin. **"Nakakadiri ka dre, daig mo pa babae hahaha. Ikaw pa talaga ang kinikilig kay Taguro ah!? Bwahahahahahaha!"**

"H-Hoy! H-Hindi ako kinikilig ah----"

"Sige itanggi mo pa!"

"Hindi naman kasi talaga e."

"Wag ka ng magtanggi tanggi pa dre, kasi hindi naman kita kinukontra e. Wala namang kumokontra sa'yo! Wala ka rin namang karibal kay Taguro! Wala rin namang karibal sayo si Taguro! Ano ka ba?! Ano bang saysay nyang patanggi tanggi mo pa?! Psh!"

Hindi ako nakasagot sa kanya.

"Alam mo kasi, kung gusto mo siya, edi gusto mo siya! Hindi ka naman mamamatay kung magsasabi ka ng totoo!"

"E-Eh kasi---"

"E kasi, hindi mo matanggap na ikaw ang unang nahulog sa kanya!"

"Bwisit ka sige ilakas mo pa!" inis na sigaw ko sa kanya at napatakip naman agad siya ng bibig niya.

"Hahahaha e kasi hindi kita maintindihan dre e." mahinang sabi niya na medyo inilapit pa ng bahagya ang mukha niya sa'kin. **"Nakakapagtaka lang na, sa'kin ka pa talaga nagtatanggi ng tunay na nararamdaman mo, e ramdam na ramdam ko na rin naman! Bestfriend mo'ko kaya okay lang na magsabi ka sa'kin ng totoo para naman alam ko ang iaadvice ko sa'yo at hindi puro kalokohan ang nasasabi ko! Hahahaha! Ayos rin kaya yung pareho kayong inlove ng bestfriend mo?! Pareho kayong nagsasabihan ng paraan para manligaw---"**

"H-Hoy! W-Wala akong planong ligawan siya ah!"

"Ahh talaga!?"

"Talaga!"

"Oh!?"

"Oo nga!"

"Hahaha wag kang mag-alala dre, ngayon lang yan!"

"A-Ang alin!?"

"Ngayon mo lang siya ayaw ligawan, pero dadating ang panahong kusa mong gugustuhin yan hahaha. Mark my words dre, mark my words." tatawa tawang sabi niya at natigilan naman ako. Napatitig ako sa kanya at saka dahan dahang tumingin kay Taguro.

Seryoso siyang kumakain at tulad pa rin ng dati, parang wala siyang pakialam sa paligid niya. Lumilingon lingon kapag may napapansin pero hindi nya pinagtutuunan ng atensyon.

Dadating nga kaya yung araw na gugustuhin kong ligawan ka!?

Tch! Sa anong dahilan naman?! Bakit ko siya liligawan!?! Hindi maganda ang pananamit. Hindi maganda ang mga damit! Hindi maaayos kung makisama at higit sa lahat, kakaiba ang takbo ng isip! Bakit kita liligawan!?

dTT_TTb

Nakakalito! Sa'yo ko lang naranasang mag-isip ng ganito at magkabuhol buhol ang laman ng isip ko! Hindi ko alam kung anong gagawin ko pagdating sa'yo!

Samantalang noon kay Kim naiisip ko palang, pinaplano ko pa lang, alam na alam ko na kung anong magiging sagot niya. Nababasa at nararamdaman ko na kung anong magiging reaksyon niya at kung anong sasabihin niya. Hindi tulad mo, ang hirap mong basahin, ang hirap mong hulaan. Kakaiba ka.

"Here, let's eat!" biglang sulpot ni Kim. Agad ko namang tinignan siya at ang dala niya. Mabilis niyang inilapag yun at tumabi sa'kin. **"Here's your food Deib."** malambing pang sabi niya.

"Sarap naman, may taga-alaga ang bestfriend ko!" pang-aasar ni Tob.

"Where's Michiko?! You should've invited her to join us." nakangiting sagot naman ni Kim sa kanya.

"Psh hindi ko nga siya halos makita kasi ang sabi nung ibang classmate niya ay may task na nakaassign sa kanila ni BJ. Maski si Migz nga hindi ko gaanong nakikita, puro players lang talaga ang nagpapakalat kalat dito."

"Ang alam ko, naka-assign sila sa mga needs ng players." singit ni Lee.

"Oh!? Tulad ng ano!?" tanong ni Tob kay Lee.

"Mmm, sila ang naghatid nung water sa'tin kanina di ba?"

"Oh!? Hindi ko nakita! Nakita ko lang kasi sya dun sa bench."

"Tsh, nasa likod natin sila hindi mo ba nakita!?"

"Wala kasi si Migz e haha, hindi ko napansin. Walang mataba e hahaha!"

"Tsh."

"Pero in fairness ang galing ng laro niyo kanina ah!?" biglang singit na naman ni Kim at nainis naman ako bigla.

Anong magaling don!? Kung talagang magaling kami edi sana hindi kami nag-TIE!? Tch!

Walang sumagot sa kanya.

"Oh!? Bakit hindi kayo nakasagot?! Hindi niyo ba nagustuhan yung laro niyo kanina?!"

"Hindi!" malakas na sagot ni Tob habang nakanguso. **"Sino ba namang matutuwa sa resulta nung laban?! Psh, kayang kaya naman naming talunin pero hindi namin nagawa, hindi maganda ang ganong laro Kim."**

"Okay na yun kaysa talo di ba?! Nakakaamaze lang kasi yung ang laki ng lamang nila pero nahabol niyo pa, hihihi! Ang nice nice lang."

"Yun na nga e, nagawa naming makahabol pero hindi namin nagawang manalo." pigil ang inis na sagot ko.

"Okay nga lang yun tie man ang laban, at least hindi kayo natalo."

"Hindi okay yun." sagot ko ulit.

"Okay lang yun Deib ano ka ba, hehehe."

"Saming mga players, hindi." seryosong sabi ko sa kanya habang nakatingin sa mga mata niya. Kitang kita ko kung paanong nawala ang ngiti sa mga labi niya munit agad niyang ibinalik nung mapansin ko yun.

"A-Ahh hahaha. Ahh yeah sabagay, hindi naman kasi ako player." utal na sagot niya at saka napatungo. Hindi ko naman inalis ang paningin ko sa kanya.

Tch! Ang galing galing mo ngang player e, mahusay na mahusay ka.

Pinagpatuloy na lang namin ang pagkain at maya maya ay dumating si Coach kasama ang ibang team mates namin at sumabay sila sa'min. Nagkwentuhan rin kami habang kumakain pero hindi ako halos kumikibo

dahil naiinis ako sa ginagawang pagsali ni Kim sa usapan na hindi naman dapat. Nakakagulo lang siya sa usapan ng team namin dahil wala siyang ginawa kung hindi ang magpatawa ng magpatawa.

Nung matapos kami ay agad naman akong tumayo para sana umalis na pero mabilis rin pala siyang nakahabol sa'kin.

d>>_<<b

"Deib wait!" habol ni Kim sa'kin. **"Mamayang 4pm pa palang next game niyo, saan tayo tatambay?"** nakangiting tanong niya. Sasagot na sana ako pero naunahan ako ni Lee.

"Manood tayo ng laban ni Naih." si Lee.

"Oh?! Ngayon na ba yun!?" tanong naman ni Tob.

"Mmm."

"Oo nga pala no? Sige sige! Tara manood tayo!" yaya sa'kin ni Tob. Agad naman akong tumingin kay Kim na nakasabit ang parehong kamay sa braso ko.

"Kim?? Sasama ka ba?" tanong ni Lee sa kanya.

"H-Ha!? Sige."

"Okay."

Mabilis kaming naglakad papunta sa Gym.

Pero pagpasok namin don ay marami ng tao kaya naman naghanap pa muna kami ng pwesto na pwede naming maupuan.

"Oh my God, why are they together!?"

"Who?"

"Look."

"Ohhh, it's Kim and Deib!"

"Grrr, she sticks like a bubble gum!"

"After what she did to him!? Grabe kapal ng face!"

"Super! Naku. I pity Deib, bakit niya tinanggap ang isang babaeng tulad ni Kimeniah?!"

Hindi ko na sila pinakinggan at inis kong nilampasan sila.

"Deib, don't mind them." mahinang bulong sa'kin ni Kim at hindi ko naman siya sinagot. Nananatiling nakasabit sa braso ko ang dalawang kamay niya kahit na kapansin pansing nauuna akong maglakad sa kanya.

"OMG don't tell me sila na?!" bulungan na naman nung isa sa gilid habang nagpapalinga linga ako kahahanap ng pwedeng upuan.

Nakakainis na ah!

"Hell no! Hindi pwede! Niloko na siya ni Kim bakit pa siya sumama dyan!?"

"Ginawa ba talaga ni Kim yun!?"

"Yung lokohin si Deib!?"

"Yeah."

"Psh! Hello girl?! Duh!? Si Kim mismo ang nagkalat remember!?"

"She's a freak, why waste time damaging her own reputation!?"

"That's how stuuupid she is."

"Exactly!"

d>>_<<b

"I hate them." mahinang sabi ni Kim, inis kong nilingon naman siya. Nakanguso siya habang nakatingin sa sahig. Ramdam ko sa braso niya ang panginginig ng kamay niya at nung dahan dahang bumabaon na ang mahahaba niyang kuko sa braso ko ay.

"A-Aray!" inis na sigaw ko dahilan para biglaan kong mahila ang braso ko sa pagkakahawak niya.

"Sorry Deib. Sorry, nasaktan ka ba?! Nasan?!" pilit niyang abot sa braso ko pero inilayo ko agad ito sa kanya. **"A-Akina."**

"No." mahinang pigil ko sa kanya.

"S-Sorry Deib. Sorry talaga, nakakainis naman kasi yung mga sinasabi nila e." parang nagpapaawang sagot ni Kim.

"OMG, they heard us!?" malakas na bulong na naman nung isang babae na agad ko namang tinignan ng masama! **"S-Sorry. Sorry."**

"Let's go Heather, nakakatakot si Deib."

"Ang lakas kasi ng boses mo e."

"Ikaw rin kaya!"

Hindi ko na pinansin yung mga nagbubulungan hanggang sa makaalis sila sa harapan naming.

"Tsh, buti nga! They're so stupid! They know nothing but to talk other's lives---"

"Pwede ba!?" inis na baling ko kay Kim. Mahina ang pagkakasigaw ko pero sinuguro kong madidinig niya. Kaya naman gulat na gulat talaga siyang napatingin sa'kin. **"You're calling them stupid? Hindi ba't ikaw ang nagpakalat nung mga issue'ng yun tungkol sa'yo?! Kaya hindi ka na dapat magtaka kung bakit lahat ng tao pinag-uusapan ka, dahil ikaw mismo ang nagsabi sa kanila kung anong ginawa mo sa'kin!"**

Hindi siya nakapagsalita.

Pinigil ko ang init ng ulong umaakyat sa utak ko kaya naman kinalma ko ang sarili ko at saka muling tumingin sa mga mata niya, mabilis na nangilid ang mga luha sa mga mata niya pero hindi ko pinansin yun. Hindi ako nakaramdam nang awa o guilt sa sinabi ko.

"Kung ayaw mong pag-usapan ka ng mga tao, kung ayaw mong may nasasabi silang masasama tungkol sa'yo. Wag kang gumawa ng bagay na ikakasama at ikapapahamak mo." mahinang sabi ko pa at saka umupo sa pwesto kung saan nakaupo yung mga babaeng nagbubulungan kanina.

Agad naman akong kumaway kina Lee at Tob na nasa bandang ibaba pa at doon naghahanap. Umakyat sila sa pwesto ko pero hindi pa rin naupo si Kim. Bakas pa rin ang pagkagulat sa itsura niya.

"Oh Kim? Bakit hindi ka pa maupo?" takang tanong ni Tob sa kanya. Hindi ko naman siya tinignan, iginala ko ang paningin ko at baka sakaling makita ko si Taguro.

"Kim, sit down. " yaya naman ni Lee kay Kim dahilan para matauhan siya.

"A-Ahh. I have to go. I forgot to say na nagpapasama nga pala sa'kin si A-Ate. Mauuna na ako sa inyo---Lee. Tob. Deib."

"Ha? Hindi ka na manonood?" takang tanong ni Tob.

"H-Hindi na, kailangan kong samahan si Ate."

"Ganon ba? Sige." si Tob.

"U-Una nako Lee."

"Oh sige. Ingat ka." si Lee.

"Tob."

"Ingat Kim!"

"D-Deib." paalam niya sa'kin pero tinignan ko lang siya at tinanguan, halatang mas nagulat pa siya pero mas hindi ko na rin pinansin pa yun. Bagsak ang balit na naglakad siya papalayo sa'min pero hindi ko na rin siya sinundan ng tingin.

Naiinis ako sa kanya.

Nababadtrip ako.

Siya naman pala ang nagkalat ng kasiraan niya, bakit nagagalit siya sa kanila?! Tch! Tapos sila pa ang sasabihan mo ng stupid?! Wow. Tch!

"Nasan na sila Max?" biglang tanong ni Lee kaya agad ko naman siyang nilingon.

"Bakit mo hinahanap!?" agad na tanong ko sa kanya.

"We're here to watch---"

"Si Parrot!" mabilis na pigil ko sa kanya. **"Nandito tayo para panoorin si Parrot! Hindi mo na kailangang maghanap ng iba pa bukod sa kanya!"**

"Huh?" takang tanong ni Lee.

"Bwahahaha!" si Tob.

"Wag ka na kasing matanong dre., ayun na ang Parrot ng buhay mo oh." dagdag pa ni Tob. Mabilis naman kaming napalingon ni Lee kung saan nakaturo si Tob.

Hindi niya kasama si Taguro.

Nasan na naman yun!? Hindi ba dapat e magkasama silang dalawa?! Nakakainis!

"Anong Parrot ng buhay ko ang sinasabi mo dyan?!" inis na tanong ni Lee kay Tob. Agad naman siyang tinawanan ni hapon.

"Hahahahaha! Eto pa. Hahahaha! Si Parrot, si Parrot ng buhay mo hahaha." sagot ni Tob.

"What are you trying to say crazy ass?" natatawang tanong ni Lee sa kanya.

"Bakit?! Hahaha, ano ba ang dating say'o!?"

"Are you teasing me?!"

"If I look like one then. I guess I am hahaha."

"Ahh so you think I like her!?"

"Ikaw ang nagsabi nyan haha."

"Then why are you saying that she's the Parrot ng buhay ko!? Tsh!"

"Bakit?! Bukod ba kay Naih may kilala kang may bansag na Parrot?! Wala na di ba!? Siya lang! Sus! Parrot siya ng buhay mo. Parrot ng buhay ko, at Parrot ng buhay ni De---" hindi niya natapos ang sasabihin nya dahil dinuro ko agad ang nguso niya **"mo. Parrot ng buhay mo na lang ulit, hehehehehe!"** turo niya kay Lee.

"Shut up Tob."

"Eto naman!! Hindi ka na mabiro e no?!"

"Tsh hindi maganda ang biro mo e."

"Edi hindi ka nga mabiro bwahaha! Binibiro ka lang e."

"Tsh."

"Uulitin ko pa, binibiro ka lang e!"

"Manahimik ka na nga! Ang ingay mo e!" natatawang sabi ni Lee sa kanya.

"Wushoo! Yan ba ang hindi nabiro ng maganda?! Kung ngumiti ka akala mo kiniliti kita ulul!" biro na naman ni Tob sa kanya.

"W-What!? What are you saying!? You're crazy."

"Hahaha! Your face!"

"Just shut up Tob."

"Yeah right, haha. Hay sarap talaga ng inlove ang magkakakaibigan."

"Huh?"

"Wala! Hahahaha!"

Inis akong iniiwas ang paningin ko sa kanila at...

TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*"

SAPAKIN AKO NGAYON NA!

Sapakin ako ngayon na!

"Pwede bang makiupo?"

"Sige Max! Upo ka lang! Hehehe." si Tob.

"Hi Max." si Lee.

"Hi." nakangiting bati niya sa kanila at saka muling ibinalik ang paningin sa'kin.

"Pwede ba kakong makiupo??" natatawang tanong ni TAGURO.

"H-Ha??" nganga. **"S-Su--Sure. Sure."** sabi ko na tumabi pa ng todo kay Lee para hindi sila magkatabi.

Peace Lee.

"Buti naman Max dito ka sa'min pumwesto!?" nakangiting bungad ni Tob. nagulat pa ako nung kindatan niya ako dahilan para pandilatan ko siya ng mga mata.

Peste ka talagang hapon ka! Isang pang-aasar mo lang tatablahin talaga kita!

"Dito kasi wala masyadong tao at saka sentro." malumanay na sagot ni Taguro sa kanya.

"Ahh. oh e nasan na si More? Hehehe."

"Kasama ng parents mo at parents ni Lee."

"Ha?!"

"Mmm, nandoon lahat ng stockholders. Kasama siya ng mga Moon."

"I see, hehe. Hindi ko alam na nandon na pala sila Mommy." takang sagot ni Tob at hindi naman siya sinagot ni Taguro. **"Hindi mo pa pala**

nakilala si More, Lee."

"Sinong More?"

"Daddy ni Max, hehehe."

"I see. I hope to meet him too."

"Later." nakangiting sagot ni Taguro sa kanya.

Bakit ba kailangang magkakilala pa sila?! Tch!

Napatitig ako kay Taguro at hindi ako makapaniwalang nasa tabi ko siya ngayon.

Kanina lang ay hinahanap ko siya at pakiramdam ko ay babagsak na ang mundo ko twing hindi ko siya makikita.

Pero eto siya ngayon at siya pa ang kusang lumapit. Napakabait talaga sa'kin ng langit!

Hindi na kami nakapag-usap usap pa dahil biglang nagsalita ang announcer at nag-ingay bigla ang crowd.

"Let's go Naih!"

"Go Samanthaa!"

"Let's do this BIS!"

"Let's go SIS!"

"Wooh!"

"Kyaaaa!"

"Ayan na ang mga astig!"

"Oo nga e, mas astig silang panoorin kesa sa mga lalaki."

"Sinabi mo pa!"

"The first table goes to Colico School International versus Unibersidad ng Laguna. The second table goes to Magpantay Duran School International. The third table goes to Bondal Ganzo Universilty, and last but not the least our fourth table goes to South International Scho----"

"Waaaaaa!"

"Let's go SIS!"

"Goooo SIS!"

"Gooo Sam!"

"Galingan mo Sam!"

"Kaya mo yan Sam!"

"Buwaya sa mesa! Samantha!"

"SIS!"

"Again, our fourth table goes to South International School versus Brint International School!"

"Kyaaa!"

"Go go go Zarnaih!"

"Go Marchesa!"

"Yehey Naih for the win!"

"Galingan mo Naih!"

"Kayang kaya ni Naih yan!"

"Yes!"

"Wooh!"

Muling in-announce ng announcer ang mga rules and regulations ng laro at nananatiling maingay ang buong Gym. Ang daming sumisigaw ng pangalan nila Parrot at Sam kumpara sa ibang schools and universities. Pero maski isa ay wala akong napansin dahil kay Taguro nakatuon ang pansin ko.

Magkatabi kami masyado kaya naman amoy na amoy ko ang matapang nyang pabango.

Panglalaki.

Mabango nga pero panglalaki.

Lacoste! Tch! Branded nga pero hindi niya ba naisip na ang sagwang amoyin ng babaeng amoy lalaki!?

"Let the game begin!" malakas na sigaw ng announcer at mas umingay naman ang crowd.

Muling lumapit ang kanikanilang referee at umastang may ipinaliliwanag bago pa man sila pumwesto sa gitna.

"Anong ginagawa nila?" tanong ni Tob.

"Nagbubunutan kung sinong sasargo ng bola." mahinang sagot ni Taguro sa kanya.

"I see, parang sa basket rin pala hindi nga palang bunutan hehehe."

"Mmm."

"Sana manalo si Naih." mahinang sabi ni Tob at hindi naman sumagot si Taguro dahilan para lingunin ko ulit siya.

Nakakapagtaka lang na salubong ang kilay niya habang titig na titig sa table nila Parrot.

Bakit ganyan ka tumingin?! Hindi ka ba bilib sa bestfriend mo!? Mananalo yan! Kung ikaw nga nanalo e. Posible ring manalo siya syempre.

Nag-umpisa ang laban at si Parrot ang nagbreak ng bola..

"Waa good shot!"

"Gooo Naih!"

"Galingan mo!"

"Ang astig mo!"

"Idol!"

Sigawan muli ng mga nanonood.

Tulad ni Taguro ay paulit-ulit rin ang pagtungo ni Parrot na parang sinisilip ang mga bola. Sisilipin niya at saka tatayong muli at aastang titirahin ang bola munit mukhang nagbabago ang isip niya kaya naman muling sisilipin at saka tutungo ulit. Paulit-ulit, dahilan para magmukha siyang...

"Kabado." mahinang sabi ni Lee pero dinig ko siya, nilingon ko naman agad siya.

"Natural lang yan." mahinang sagot ko.

"Natural nga pero, kailangan niyang pigilan. Baka maipahamak lang siya ng kaba niyang yan." seryosong sabi ni Lee dahilan para lingunin ko ulit si Parrot.

Bakas nga sa itsura niya ang pagiging kabado niya. Panay ang iling niya at paulit-ulit ang ginagawa niya ng hindi man lang tumitira. Panay ang pagsilip niya sa bola at pwesto sa sarili pero hindi naman siya tumitira. Sa ganoong paraan halata ngang kabado siya.

"Kabado talaga siya dahil magaling si Sam." hindi inaasahang sabat ni Taguro na hindi man lang kami nilingon. Kami ang lumingon sa kanya. **"kung ang pagkapanalo ko nga ay tsamba lang. Malamang mahihirapan si Naih na talunin siya."**

"Tch! Hindi ka ba naniniwala bestfriend mong kaya niyang manalo!?" inis na tanong ko.

"Hindi ko siya bestfriend."

"K-Kahit na hindi mo soya bestfriend---dapat naniniwala ka sa kanyang mananalo siya."

"Hindi ako naniniwala pero nagtitiwala akong mananalo siya."

Eto na naman po siya sa mga kataga niya! Tsk! Hindi ko maintindihan e!

"May pinagkaiba ba yon!?" inis na tanong ko.

"Hindi ako naniniwalang mananalo siya dahil hindi ko pa naman siya nakitang nanalo kay Sam, pero nagtitiwala akong mananalo siya dahil alam kong magaling siya. Ganon lang kasimple." malumanay na sagot niya na hindi man lang tumitingin sa'kin.

"Kyaaaa!"

"Waa!"

"Wooh!"

"Go Naih!"

"Let's go BIS!"

"BIS for the win!"

Hindi ko nakita pero mukhang nakahulog si Parrot dahil nagsigawan ang buong crowd. Tumingin ako sa score board at nakapuntos nga siya.

"See?! Kaya niyang Manalo, nakascore nga e." nakangiting sagot ko.

"Nakakapuntos naman talaga siya at makakapuntos pa. Pero isang maling tira niyam hindi na siya makakatayo pa."

"Bakit??"

"Kasi magkaiba kami ni Naih ng tira."

"Oh e ano naman!? Ibig bang sabihin nun mas magaling ka sa kanya!?"

"Mmm."

"A-Ang yabang mo talaga!"

"Tss, anong mayabang dun? Sinasabi ko lang sa'yo ang totoo. Ang tira ko ay kasalungat ng tira ni Sam, ang lamang ko lang sa kanya ang kahinaan niya ay kalakasan ko. Pero ang kahinaan ko, wala siyang ideya kung ano. Mahirap ipaliwanag, hindi mo maiintindihan dahil hindi ka naman marunong magbilyar." malumanay pa ring sagot niya. Lahat kaming tatlo ay nakatingin sa kanya pero hindi niya man lang kami nililingon. Nananatili siyang nakatingin kay Parrot kaya naman tumingin na lang ulit kami sa kanya.

Tinignan ko ang bawat kilos at galaw ni Parrot. Tama si Taguro, magkaiba nga sila hindi tulad ni Parrot ay hindi ko nakita si Taguro na kasing kabado ni Parrot. Hindi ko kasi nakitaan ng kaba man lang si Taguro. Bukod pa roon ay mas matagal kung tumira si Parrot kumpara kay Taguro.

At ang napansin ko pa parating malayo ang pato sa titirahing bola ni Parrot, kumpara kay Taguro na parating malapit ang pato sa target ball niya dahilan para mas maging madali para sa kanya na maihulog ang bola.

"Kyaaaa!"

"Go Naih!"

"Let's go BIS!"

"Yes! She scored!"

"Sana lang hindi na makatira si Sam!"

"Tsk! Sana nga."

Mabilis na tumakbo ang minuto at nananatiling nakatayo si Parrot. Siya pa lang ang may score at zero pa ang SIS. Nagfocus rin ako sa panonood dahil mukhang ganon rin sina Taguro, Lee at Tob. Ayoko namang magsalita ng magsalita dahil baka nandito talaga si Taguro para panoorin siya.

Maya maya pa ay..

"Hahaha!"

"Bwahahah!"

"Yun oh!"

"Hahaha buti na lang tsumamba!"

"Good shot pa rin!"

"Yes! Go Naih!"

"Let's go BIS!"

Anong nangyari!?

Hindi ko nakita ang nangyari kaya naman taka akong titingin tingin kina Lee, Tob at Taguro na mukhang natatawa.

"Anong nangyari!?" takang tanong ko habang nakatingin kay Parrot.

"Nadulas siya matapos tumira, buti na lang nahulog pa rin yung bola." natatawa pang sagot ni Lee.

Tch! Katabi ko nga siya, di ko naman siya maramdaman! Wala rin! Tsk!

Mula pa mag-umpisa ang laban ni Parrot kay Samantha ng SIS ay katabi ko na si Taguro.

Nung una masaya syempre.

Pero habang tumatagal. Nakakainis na.

Nakakainis yung pakiramdam na katabi mo nga siya pero parang balewala lang sa kanya. Samantalang ako?

Bawat kilos mo, kinakabahan ako! Bawat lingon mo iniisip kong sana ako ang tinitignan mo! Bawat tawa mo, hinihiling kong sana ako ang dahilan mo!! Tsk! Nakakainis!

Inis akong nilingon siya ng palihim.

Busy pa rin siya katititig kay Parrot. Hindi niya talaga halos alisin ang paningin niya kapag si Parrot na ang titira.

Saka ako napatingin kay Parrot.

Bakas sa mukha niya ang magkahalong takot at kaba. Pero dahilan yun para mas mukhang pag-aralan at pag-ingatan niya ang mga tirang ginagawa niya.

Sumulyap naman ako ulit kay Taguro.

Sana ganyan ka rin kafocus kapag ako ang naglalaro at pinapanood mo. Sana tulad ng pagtitig ko kay Naih, wag ko ring alisin ang paningin mo sa'kin..

Bigls siyang lumingon sa'kin!

"Nandito ka ba para panoorin si Naih o para titigan ako? Kanina ka pa ah?" mahinang tanong nya at agad ko namang naiiwas ang paningin ko.

Engot! Mag-isip ka ng dahilan!

Sasagot na sana ako sa kanya.

Pero mabilis niyang naibalik kay Parrot ang paningin nya dahilan para muli akong mapatitig sa kanya.

Hindi ko kasi maiwasang tignan ka. Nandito ako para panoorin si Parrot, pero kusa kong inaagaw ang atensyon ko, meron o wala kang mang ginagawa.

Tsk! Ano bang pinag-iiisip mo Deib!

"Wag mo ko ugaliing titigan." mahinang sabi niya munit dinig ko at saka siya lumingon sa'kin. **"Baka masaulo mo ang mukha ko, di mo makalimutan."** nakangising dagdag niya.

"A-Ano bang s-sinasabi mo dyan?" kunwaring tanong ko. Tumingin naman siya sa mga mata ko at matamis na ngumiti.

"Wag mo rin ugaliing magmaang-maangan, baka kapag nalaman mo ang sagot huli na para makaahon ka kung kelan, hulog na hulog ka na?" nakangising tanong niya at napanganga naman akong kunwaring namamangha.

"A-At anong ibig m-mong sabihin ha T-Taguro?!"

"Na si Naih ang panoorin mo at wag ako." malumanay na sabi niya at saka kumindat at ngumiti.

Damn it!!

Mabilis niyang ibinalik kay Naih ang paningin niya at pinagpatuloy ang panonood. Bahagya pa akong tumingin sa side nila Lee at Tob pero mukhang wala silang narinig sa usapan namin ni Taguro dahil maingay ang nasa harap at likod naming, ganon rin ang mga nasa side namin.

Gayunpaman.

Yaa! Hehehehe!!

Parang pinisil pisil ang puso ko at kusang nagtatalon sa loob ng katawan ko. Hindi ko maipaliwanag ang sayang naramdaman ko kasabay ng sunod sunod na haplos sa puso ko. Pigil na pigil ang mga ngiti ko at talagang

itinuon ko ang paningin ko kila Parrot kahit na hindi ko naman maaninag talaga ang ginagawa nila dahil daig ko pa ang lutang na nakatingin sa ere.

Gusto kong lingunin si Taguro pero natatakot akong baka biglang sumagot ang ngiti ko sa tuwa.

Ewan ko ba kung bakit meron sa loob loob kong tuwang tuwa sa sinabi niyang yun.

"Aaaahhhh."

"Hala."

"OMG."

"Ay."

"Sayang."

"Sayang sablay."

"Hays."

"Kyaaaa!"

"Go Samantha!"

"Here we go!"

"Ayan na! Dyan na mag-uumpisa ang tunay na laban!"

"Pustahan tayo panalo na yan!"

"Okay let's go, paniguradong panalo na yang SIS dyan!"

"Let's go Sam!"

"SIS!"

"Go SIS!"

Hindi ko na naman nakita ang nangyari.

"A-Anong nangyari!?" wala sa sariling tanong ko.

"Sumablay si Naih, sayang." si Tob ang sumagot. Agad ko naman syang nilingon!

"P-Pano nangyari yun!?" takang tanong ko at nagkibit balikat naman siya.

"Ang isang problema kay Naih ay hindi siya marunong magprepa." sabat ni Taguro at sabay sabay naman kaming napalingon sa kanya.

"A-Anong prepa?" tanong ko.

"Preparation ba, tira lang siya ng tira at walang pakialam kung saan mapunta ang pato niya. Isang bagay na mahalaga sa bilyar ay yung pwesto ng bola mo matapos mong tumira, kailangang kung saan hihinto ang pato mo after mong tumira, importanteng magandang pwesto o preparasyon yun para maihulog mo ang susunod na bola."

"A-Ahh, yan yung sinabi sa'kin ni More." tatangu-tango pang sagot ko at nagulat ako sa paglingon sa'kin ni Taguro.

"B-Bakit?" utal na tanong ko.

"Sinabi niya sa'yo yun?" takang tanong ni Taguro.

"O-Oo." sagot ko at tatangu-tango naman siyang ibinalik ang paningin niya sa panonood.

MAX'S POV

Hindi ako ang nasa pwesto ni Naih para maglaro kalaban si Sam pero lintek namang talaga ang kaba ko mula sa kinauupuan ko.

Hindi ko maipaliwanag ang kabog ng dibdib ko sa bawat tirang ginagawa niya.

Hindi siya maingat at wala tulad ng sinabi ko kay Sensui ay wala siyang pakialam sa mga tirang ginagawa niya dahil ang mahalaga lang sa kanya ay makahulog siya at makapuntos.

"Waaaaa!"

"Ayan na!"

"Go Samantha!"

"Ang galing niya talaga grabe!"

"Ano pa nga ba?!"

"Si Pein lang talaga nakatalo sa kanya e."

"Sa umpisa lang yun!"

Muling nakahulog ng bola si Sam at ang mas masama pa ang tatlong magkakasunod na bola ang naihulog niya.

Nagtuloy tuloy ang pagsipat, pagtira, pagpapahulog na ginawa ni Sam at hindi na muling nakatayo pa si Naih.

At tulad ng inaasahan.

"Kyaaaa!"

"Ang galing!"

"Let's go SIS!"

"I knew it! She'll win this time!"

"Yeh!"

"Sam for the win!"

"Go SIS!"

NATALO si NAIH.

"Sayang naman."

"Oo nga e."

"Biruin mo isang maling tira lang ni Naih hindi na siya nakatayo no?!"

"Ganon kalupit yung taga-SIS pre."

"Tsk tsk, ang astig nyia."

"Ang galing nila pareho kamo!"

"Mas magaling si Sam!"

"Mas magaling si Pein!"

Hindi ko pinansin ang sinasabi nung mga nasa paligid at nanatili akong nakatingin kay Naih.

Bagsak ang dalawang balikat na tumabi siya kay Samantha. Tulad ko ay mukhang kinausap at niyabangan na naman siya ni Sam, pero sa nakikita ko kay Naih ay mukhang malungkot talaga siya kaya hindi niya man lang nagawang sagutin si Sam.

Agad akong tumayo at humarap dito sa tatlong katabi ko.

"Pupuntahan ko muna si Naih, salamat." malumanay na sabi ko at agad rin namang tumayo silang tatlo sa pangunguna ni Sensui.

"Manood ka ng laban namin mamaya Max ah!? Sama mo sila Naih, lalo na si Michiko." nakangiting sabi ni Tob.

"Sige."

"Mmm, baka gusto mong sumabay saming magsnack?" nakangiting tanong naman ni Lee.

"Sa tingin ko, magkikita rin naman tayo sa Canteen." sagot ko.

"Ganon ba?"

"Mmm." tumango ako at saka humarap kay Sensui.

Tuwing titignan kita, parang gulat na gulat ka!?

Mukha siyang tanga dahil bahagyang napapatalon pa isya.

"May sasabihin ka ba?!" uutal utal munit mayabang na tanong niya.

Tss.

Hindi ko siya sinagot at mabilis akong tinalikuran siya.

Asa.

"Hahaha deadma ka dre!" dinig kong biro ni Tob sa kanya dahilan para mapangiti ako habang naglalakad papalayo sa kanila.

"T-Tch! W-Wala talaga siyang kwenta!"

"Hahaha!"

"Nakakainis ang buong pagkatao niya!" dinig kong sigaw ni Sensui.

Hindi ko na sila pinakinggan pa at nagtuloy tuloy na ako papunta sa pwesto ni Naih..

Hindi pa man ako tuluyang nakakalapit sa kanya ay kusa na siyang lumapit sa'kin. Maingay pa rin ang mangilan ngilang taong nandoon pero hindi ko na sila nagawang pakinggan dahil tuon ang paningin ko sa malungkot na mukha ni Naih. Nakanguso siyang lumapit sa'kin at parang konting uga ko nalang sa kanya ay tutulo na ang luha niya.

"Max." mahabang tawag niya sa'kin na halatang nagpipigil ng iyak. **"Talo ako! Huhuhu!"**

Napanood ko tulig!

"Nakakainis naman kasi e! Bakit ba kasi nagmintis yung isang tira ko! Huhuhu!" hindi ko siya sinagot at pinanood ko lang siyang umiyak sa harap ko. **"Nakakahiya! Ang sabi ko pa naman kay Coach kanina---kaya ko! Kayang kaya ko! At kakayanin ko tapos huhuhu. Huwa!"**

Parang batang atungal niya.

"Hoy." mahinang tawag ko sa kanya. **"Wag ka ngang umiyak dahil nakakahiya ka."**

"E nakakainis naman kasi e! Ang tagal tagal kong naghanda para sa laban na 'to tapos natalo naman ako! Huhuhuhuhu! Ayoko na! Wala ng finals! May talo na tayo! Uuwi na ako! Hindi na ako papasok bukas!"

O.A. amp!

"Biruin mo todo support ang buong BIS sa'kin! Yung ilang mga kakilala ko from SIS todo cheer rin sila sa'kin, tapos---tapos... huhuhuhuhuu! Huwaa! Nakakahiya!"

"Tss, kung nagkakaganyan ka dahil nahihiya ka, tumigil ka na dahil ang sagwa ng mukha mo."

"Nakakainis ka naman e! Hindi mo kasi ako naiintindihan! Ikaw kasi nanalo ka sa hambog na Samantha'ng yun! Huhuhu!"

"Excuse me!?"

GULAT KAMING NAPALINGON NI NAIH!

SI SAM!

"Did I just hear you called me hambog?!" malakas na tanong niya kay Naih.

"A-Ahh e-eh---"

"After losing a game with me?! You're calling me hambog?!" malakas na namang tanong niya. Hindi naman kami nakasagot ni Naih. **"Ha! You're pathetic! Ang kapal ng mukha mong tawagin ako ng ganyan matapos mong matalo sa'kin?! At bakit!? Porket nanalo ako at natalo ka, may karapatan ka ng tawagin akong hambog!?"**

"H-Hindi naman sa ganon Sam---"

"Shut up!" malakas na pigil niya sa sinasabi ni Naih. **"Ang plastik mo! So you're saying a lot of stupid things pala behind my back!? And still dares to talk nicely in front of my face?! You're backstabber Zarnaih! You're a loser! You're a trying-hard billiard player! And guess what?! I don't know what to call you anymore so just mark my words, hinding-hindi ka mananalo s'kin dahil wala kang talento sa pagbi----"**

"Sam." pigil ko sa kanya..

"What!?"

"Enough."

"E-Enough?----Ha!" malakas syang huminga sa harap namin at bakas talaga ang pagkapikon sa mukha niya. **"Matapos akong sabihan ng palihim nitong kaibigan mo ng hambog sasabihin mo sa'king tumigil ako!? Isa ka pa! Hindi kaya nagkakamali kayo?! Hindi kaya imbes na ako.. ay dapat kayo ang tinatawag na hambog!? Kasi hindi pa man kasing taas ng naabot ko ang naaabot niyo, ganyan na ang ugali niyo!"**

"Hindi naman namin nalilimutang mas magaling ka pa rin sa'min."

"Ha! Sinabi mo pa! Talaga! Mas magaling talaga ako sa inyong dalawa!"

At hindi ka hambog nyan di ba?

"Kaya nga tama na, tigilan niyo na."

"At bakit ako ang sinasabihan mo ng ganyan!? Sa tingin mo ay tama yung ginawa niya!? Ang siraan ako sa'yo habang nakatalikod ako?!"

"Tinawag lang naman kitang hambog hindi dahil natalo ako at nanalo ka. Tinawag kitang hambog dahil sa mga sinabi mo sa'kin matapos mong manalo." malumanay na sabat ni Naih dahilan para lingunin namin siya.

"Ha! So what do you mean?!"

"Hindi mo naman kasi kailangang maliitin pa ang isang tao matapos mong manalo o matalo. Nakakawalang gana rin kasi yung minsan ka naming naging idolo, pero kung ipamukha mo sa'min yung galing mo sa pagbibilyar, akala mo hindi ka natatalo. Mas magaling ka sa'min oo, pero wag kang umastang hindi ka pa natatalo. Masyado ka kasing magaling sa paningin mo----"

"Ha! Ang kapal ng mukha mo Zarnaih!"

"Wag kang masyadong pa-inosente Sam, mas marami at mas masasakit pa dyan ang sinabi mo sa likod namin ng akala mo hindi

namin malalaman." walang ganang sagot ni Naih sa kanya at hindi naman agad nakasagot si Sam sa kanya. **"Kung may narinig ka, sige magsosorry ako."**

"Psh!" pasaring pa ni Sam sa kanya.

"Sorry hindi dahil sinabihan kita ng hambog." nakangising sagot ni Naih sa kanya. **"sorry dahil napalakas ang boses ko, nakarating pa tuloy ng personal sa'yo."** sarkastikong dagdag nya at saka ako tinapik sa balikat. **"Tara na nga lumalakas ang hangin dito, wala akong dalang jacket dahil loser ako. Wala akong talent. Tsh! Stop me!"**

Kahit kelan talaga abnoy.

Tinanguan ko lang si Sam at saka ko siya tinalikuran at sinabayan si Naih.

"Huhuhu, nakakainis! King ina kasi e ang laki laki ng tenga nung Samantha na yun kaya narinig pa'ko!"

"Gago ka kasi e, binabackstab mo hehehe." biro ko.

"Sige! Kampihan mo! King ina ka kampihan mo!"

"Tss hindi na. BIS na'ko e hehehe."

"Huwaa! Nakakahiya!"

"Hoy umayos ka nga! Mas nakakahiya yang itsura mo, lalo na kapag nakita ka ni Lee."

"Lee!? Si Lee?! Nasan si Lee!? Bakit ako makikita ni Lee?! Wala bang laban sila Lee!?"

"Tss, pinanood ka namin nila Lee."

"W-What!?"

"Pinanood ka namin nila Le----"

"Narinig ko!" malakas na sigaw niya at binatukan pa ako.

"Aray!" malakas na sigaw ko sa kanya. **"Narinig mo naman pala e bakit nagtatanong ka pa! Pakyu!"**

"Waa! Bakit niya ako pinanood!"

"E baka gusto kang makita? Hehehe."

"A-Ahh."

"Tss, nagbibiro lang ako. Niyaya ko sila."

"A-Ano!?"

"Mmm, sila sila nila Tob at Sensui----"

"Edi napanood nilang lahat yung pagkapahiya ko!?"

"Tss ang O.A. mo!? Tara na nga, bilisan mo. Nagugutom na ako."

Mabilis kaming pumunta sa Canteen at agad naman kaming sinalubong nila Michiko, BJ at Migz doon.

"Naku hindi bale te, mananalo ka rin sa ibang schools niyan panigurado." si Migz.

"Oo nga, ang daming bumilib sa'yo te." si BJ.

"Grabe naman kasi ang talent niyo, ang gagaling! Nakakahanga!" si Michiko.

"Huhuhu nakakainis naman kasi e., wala sa plano kong matalo!" sigaw ni Naih.

"Tss, sinong tanga naman ang nagpaplanong matalo?" biro ko.

"Bakit!? Wala bang ganon ha!? Meron dyang binabayaran para magpatalo no!"

"Oo nga, pero hindi na nagpaplano ang mga yun kusa ng nagpapatalo ang mga yun!"

"Nagpaplano pa rin ang mga yun!"

"Edi tanga sila."

"Ewan sa'yo! Wala kang kwentang kausap! Huhuhu."

"C'mon Naih, cheer up! Hindi lang yan ang magiging laban niyo." si Migz.

"Oo nga pero, huhuhu ang pangit lang sa pakiramdam nung ganito. Natalo na ako e, mas kakabahan na ako sa susunod naming laban!"

"Edi galingan mo na!"

"Todo na nga yun e! Wala nakong mas igagaling pa dun huhuhuhu nakakainis naman e!"

"Kaya mo yan."

"Hays, wala naman akong choice kung hindi ang kayanin e, ang harapin ang kahihiyan."

"Tss, ano bang nakakahiya sa pagkatalo?" inis na tanong ko at tumingin silang lahat sa'kin. **"Kaya nga tinawag na laro e, may nanatalo at may natatalo."**

"Huhuhu, e bakit sila Sensui?! Tie!?"

"May tie rin naman sa billiards ah?! Tss kahit pa sabihin mong tie yun, maglalaban at maglalaban pa rin ang dalawang yun at mauuwi sa pagkapanalo at pagkatalo."

"Huwaaa! Hindi ko matanggap e! Naiinis ako! Nababadtrip ako huhu!"

"Zarnaih. Ha ha ha ha ha ha!"

Nanlalaki ang mga mata kong nilingon ang pamilyar na boses na yun.

SI MOKZ!

Tss. Ano na naman kayang ginagawa nito dito?! Tsk!

"Huhu Mokz! Natalo ako huhu." atungal ni Naih sa kanya.

"Yeah I saw your game." malungkot kunwaring sagot ni Mokz sa kanya. **"But don't worry, you'll win on your next game."**

"H-Huh?"

"Trust me ha ha ha ha ha ha ha!"

"Sus narinig ko na yan noon e huhuhu."

"Just trust me, okay? Ha ha ha ha ha! Oh well. I'm here for my granddaughter." sabi ni Mokz saka bumaling sa'kin.

"Waeyo?" walang ganang tanong ko.

"Chairman Moon wants you to join us for snack."

"Waeyo?" takang tanong ko.

"Hmmm maybe he wants to talk to you, ha ha ha ha ha ha ha ha!"

"Waeyo?"

"He said he wants to see you, that's all."

"Waeyo?"

"Aissh! Just stop asking why! They're waiting for us already!"

Gulat akong napatingin sa likod ni Mokz at nakita ko si Maxrill.

"Tss anong ginagawa mo dito?" taas-kilay na tanong ko.

"I joined him, waeyo?" nakangusong tanong ni Maxrill habang nakaturo kay Mokz at nakatingin sa'kin.

Translation: Waeyo? Why?

"Nagkukulit ka lang yata dito e?"

"Aniya! Did you forget that I'm here to watch you play?? To support you! Tsh, you have no heart Noona."

Hindi ko na siya sinagot at tumayo na lang ako.

"Kailangan kong sumabay sa kanila." malumanay na sabi ko.

"Mmm, don't worry titigilan ko na muna ang pag-iyak Max, baka kasi mamaya mas matindi ang iyak mo pagbalik mo hehehe." biro ni Naih. Inismiran ko lang siya at saka kumaway sa iba pa naming kasama at saka ako sumabay kila Mokz.

"Hindi kita nakita nung laban ni Zarnaih, where were you?" tanong ni Mokz, hindi ko naman sya nilingon.

"I was with Enrile."

"Eh??"

"Yung batang Enrile."

"Ahh yeah, your father mentioned him earlier. He said he already met him. Ha ha ha ha ha ha!" hindi ko na siya sinagot pa dahil mula sa linalakaran ko ay tanaw ko na agad si Maze.

Sirang sira na naman ang araw ko.

Munit sa hindi inaasahan.

What the heck!?

Hindi ko inaasahang kasama ng mga Moon ang mga Enrile.

Oo. Si Deib Enrile at ang pamilya niya. Nagkatinginan kami ni Sensui at nakaramdam ako ng kaunting inis sa ngiting ngiting mukha niya.

What the heck are you smiling at?!

Hindi ko ipinahalatang nagulat ako nang tuluyang akong makalapit at ay makita ko sina Mr. and Mrs. Enrile, Dean Enrile and Chairman Enrile, kasama rin nila sina Lee, Tob, Manang at yung dalawang anak nito. Agad akong napatingin sa pamilya kong nasa table, sina Maxrill, Maxwell, President Moon, Daddy, Mokz at Chairman Moon.

"Sit down." makapangyarihang bungad ni Chairman Moon dahilan para bumalik ang diwa ko.

Mabilis akong tumango sa kanilang lahat. Malakas na buntong hininga muna ang pinakawalan ko bago ako tuluyang naupo. Mabilis namang lumapit sa'kin ang maid at nilatagan ako ng pagkain. tinanguan ko naman siya at saka ko inumpisahang kumain.

"How was your game?" napatungo ako nung muli kong marinig ang nakakatakot sa laking boses ni Chairman.

"It was fine Hwejang-nim." malumanay na sagot ko at bahagya naman siyang nagklaro ng lalamunan.

"When is your next game?" seryosong tanong ni Chairman Moon at napatingin naman ako sa kanya. Nakatingin lang siya sa pagkain niya.

Panonoorin ba niya?! Tss.

"I don't know yet Hwejang-nim, but I'm sure that it will be announced early."

"Mmm." ibinaba nya ang spoon and fork niya.

Ipinatong ang dalawang siko sa lamesa at ang chin nya sa dalawang kamay niya.

KINABAHAN AKO NG MATINDI! Lalo na at alam kong nasa akin ang mata ng LAHAT!

"I'm no longer. **ehem against your, sports."** tatangu-tangong dagdag pa ni Chairman Moon at parang binambo naman ang puso ko nung marinig ko yun.

Anong ibig inyang sabihin!? Na payag na siyang magbilyar ako?! Tss, sino bang humingi ng permiso niya?!

"But I am expecting that your Academical Performance and studies will remain as your top priority. I want you to finish your secondary studies and take Medicine."

Hindi ko maintindihan pero hindi ako makapaniwala sa mga naririnig ko ngayon. Si Chairman Moon ba talaga 'tong nasa harap ko?! Bakit bumait yatang bigla!? Anong nakain neto!?

Hindi ko siya sinagot munit ipinakita kong nakikinig ako, nanatili akong nakatingin sa pagkaing nilalaro ko.

"Ayokong makakarinig ng kahit na anong kalokohan na ginagawa mo inside BIS. So far, magaganda naman ang naririnig ko tungkol sa'yo that is why I'm saying this. Just continue what you're doing." malaki pa rin ang boses na dagdag niya.

"Aren't you going to answer your grandfather Maxpein?" taas ang kilay na tanong sa'kin ni Maze at inis ko namang inilipat ang paningin ko sa kanya. Parang may kuryenteng dumadaloy sa pagitan ng mga tinginan namin!.

"I-I'll keep that in mind H-Hwejang-nim." napapahiyang sagot ko.

"Good." sagot ni Chairman Moon.

"Pumunta ka dito para sumagot ng ganyan sa Lolo mo, you really are unbelievable Maxpein.." sarkastikong sabat muli ni Maze.

d

"I came here for a different reason." nakangising sagot ko.

"Oh is that so?" sarkastikong tanong nya.

"I came for food." sarkastiko ring sagot ko at saka sumubo.

"Pwede na po bang kaumain?"

Gulat na napalingon ang lahat sa anak ni Manang.

"Joan ano ka ba namang bata ka?" nahihiyang tanong ni Manang sa anak nya. **"Naku, pasensya na po kayo kamahalan..\"**

"It's okay." nakangiting sagot ni Chairman at saka tumingin kay Joan. **"Kumain ka ng marami iha."**

"Salamat po." masayang sagot naman ni Joan sa kanya.

Hindi ko maiwasang hindi mapatingin kay Mrs. Enrile dahil panay ang bungisngis niya habang kumakain kami.

"Hihihihi ang cute cute ni Maxi." dinig kong bulong ni Mrs. Enrile.

Dahan dahan akong tumingin sa kanya at saka pilit na ngumiti.

"I didn't know that you're friends with the Enrile's?" muling tanong ni Maze.

"I didn't bother to say." sagot ko. At sinuklian naman ako ng hindi makapaniwalang tingin ni Maze. Ngingisi ngisi sya munit dama ko'ng naiinis siya.

"Pein." saway sa'kin ni Dad at umubo naman ako kunwari.

"How long have you been friends?" seryosong tanong ni Chairman Moon.

"We're never friends." sarkastikong sagot ko habang nakangisi at nakatingin kay Sensui.

"What are you then?" si Chairman Moon.

"Enemies?" sarkastikong sagot ko at napatingin naman ang lahat sa akin. Munit hindi ko inalis kay Sensui ang paningin ko at kitang kita ko kung paanong ang naiilang na itsura niya ay napalitan ng pagkagulat at pagtataka.

Ngayon mo malalaman kung anong klaseng tao ang binangga mo Sensui.

DEIB'S POV

Enemies?! Ha! Bakit kailangan mo pang sabihin yun sa harap nila?! Gusto mo ba akong ipahiya?! Nakakainis!

Nakaramdam talaga ako ng inis dahil hindi ko maintindihan kung bakit ganon ang sinagot ni Taguro sa Lolo niya. Mas nakakainis pa dahil nakakabastos ang tono ng pananalita niya. Ako ang nahihiya at natatakot para sa kanya. Lalo na at ang tono ng pananalita ng Lolo nya ay nakakatakot talaga.

Malaki!

Makapangyarihan!

Punong puno talaga ng authority!

Pero bakit ganon na lang siya kung sumagot sa kanila?!

Nakalimutan mo na ba Deib!? Bastos siya di ba?! Walang nakatatanda sa kanya ang nagsabing sobrang galang niya! Tch!

Nagkakatinginan kami nila Lee at Tob tuwing sarkastikong sasagot si Taguro sa Lolo at Mommy ni Maxwell. Palihim nalang kaming napapailing dahil hindi namin akalaing ganong klase siya kung sumagot sa kanila.

"Enemies?" takang tanong ni President Moon.

Nakakainis! Bakit kasi kailangang sabihin pa yun e! Matagal ng tapos yun!

"That's how we started knowing each other." si Taguro.

"Interesting." si Maze.

"Very very interesting." si Taguro.

Ano ba naman 'to!

"Chairman Enrile? I heard that your great granddaughter is taking up Medicine?" biglang baling ni Maze kay Chairman.

"Mmm, she is." nakangiting sagot ni Chairman sa kanya.

"Nice to hear that, bagay na bagay sila ng boyfriend nyang si Randall." pagdidiin pa ni Maze.

Napatingin ako kay Taguro at ayun na naman yung walang reaksyon niyang mukha.

"Yeah, he's from this school actually."

"And I heard that he's one of the best students of SIS."

"He is." tatangu-tangong sagot ni Chairman.

Awkward!

Nagkakatinginan kami ni Tob pero hindi kami nagpapahalata.

Nagtuloy tuloy ang pagkain naming ng walang nagsasalita. Hindi man lang nagtitinginan sila Taguro at ang pamilya niya dahilan para maging awkward ang pagsasama sama naming yun.

Hanggang sa..

"When is your next game?" tanong ni Chairman Enrile sakin nang hindi man lang ako tinitignan.

"A-Ahh, mamayang 4pm C-Chairman."

"We'll watch." seryosong dagdag niya.

"Y-Yes Chairman."

"I wanna see you win."

"Yes Chairman."

Hindi pa man kami tuluyang natapos ay biglang nagyaya na lang si Chairman Moon na umalis at sumama naman sina More, President and Chairman Moon sa kanya. Sabay sabay ring umalis sina Mokz, Maxrill at Maxwell matapos magpaalam sa'min.

Naiwan kami nina Dean Enrile, Taguro, Tob, Lee, Mom and Dad, Manang, Joan and Nono. Nang biglang...

"Ate Max, manonood ka po ng laro ni Kuya Deib mamaya?" si Joan.

Napatingin naman muna sa'kin si Taguro bago nakangiting sumagot kay Joan.

Sana manood soya.

"Mmm, sige manonood ako kung gusto mo." si Taguro.

Yes! Inspired na nam----'

Anong ibig niyang sabihin?! Kung ayaw ni Joan na manood siya, hindi talaga siya manonood?!

"Sige Ate Max nood ka, doon ka ulit samin umupo hehehe.." si Joan ulit.

"Sige."

"Ichi-cheer natin siya Ate ha? Para sure win na si Kuya, hehehe." si Nono.

"S-Sige hehehehe." pilit ang ngiting sagot ni Taguro.

"Ahh Ate, may gusto ka po ba kay Kuya Deib?"

"Joan?" si Manang.

MUNTIK NA TALAGA AKONG MABULUNAN SA TANONG NA YUN NI JOAN!

"Nay, tinatanong ko lang naman po e---"

"Pero hindi nararapat ang tanong mong yan sa o-oras na ito anak."

"E gusto ko lang naman pong malaman e."

"Hahahaha!" malakas na tawa ni Tob sa kalagitnaan ng pagtataka at pagkagulat ng lahat.

WTH are you up to little kid!!! Pinapahiya mo ako e!!!

Nagtama ang paningin namin ni Taguro at bakas ang pilit na ngiti sa mukha niya.

"Bakit mo naman naitanong yan Joan?" si Taguro.

"E kasi po, supportive ka po kay Kuya."

"Kapag ganon ba, ibig sabihin may gusto na?" malumanay na tanong pa niya.

"Mmm pwede po."

What?! At your age?! Paano ka nakakapagtanong at nakakapag-isip ng ganyan!

Halatang nabigla rin sa Taguro kay Joan para gulat na mapatitig siya sa lamesa. Halatang hindi niya alam kung anong isasagot niya.

"The little lady is asking you Pein." nakangiting sabi ni Lolo na kay Taguro nakatingin.

"A-Ahh, ano uli yung tanong mo?" kunwaring nakangiting tanong ni Taguro.

"Kung may gusto ka po kay Kuya Deib?"

"Jusko kang bata ka Joan, manahimik ka nga." si Manang.

"Nay naman e, nagtatanong lang naman po, sabi nga po nila, if you're curious, you're genius!"

"Pero Joan---"

"Hayaan mo siya." nakangiting pigil ni Lolo kay Manang at saka nakangiting tumingin kay Taguro. Nagkatinginan naman kami ni Taguro at pareho kaming nanlalaki ang mga mata. **"Would you mind answering the young lady's question Miss Pein?"**

Sapakin ako ngayon na!

"Wala akong gusto sa kanya Joan."

Wala akong gusto sa kanya Joan.

Wala akong gusto sa kanya Joan.

Muling nagpaulit-ulit sa tenga ko ang sagot na yun ni Taguro sa tanong ni Joan.

Hindi ko maipaliwang ang biglaang paghinto ng daloy ng dugo ko sa katawan ko. Ang pagkawala ng pandinig ko at ang paglabo ng paningin ko. Hindi ko alam kung dahil sa napapahiya ba ako sa sinabi niya o dahil sa hindi kayang tanggapin ng sistema ko ang sinabi niya.

"Ayy sayang." si Joan.

"Bakit naman sayang?" tanong ni Taguro, pilit pa rin ang ngiti sa mukha niya.

"Kasi akala ko po may gusto ka sa kanya, ilalakad po sana kita kay Kuya. Kasi sabi niya noon ang unang babaeng ipapakilala niya sa'kin ay yung girlfriend niya, e ikaw po yung unang babaeng ipinakilala niya sa'kin Ate e."

"Yiee hihi." kinikilig na tawa ni Mommy.

"Ganon ba?" si Taguro.

"Opo! Ikaw ang unang babaeng nakilala ko kaya kung may gusto ka lang sana kay Kuya edi sana sasabihin ko sa kanyang ligawan ka na, para masaya hehehehe. Maganda ka naman po kahit hindi ka gaanong mukhang mabait, hehe sorry Ate."

Pero hindi pa rin bumabalik ang daloy ng dugo sa sistema ko at nananatili akong lutang habang pilit inaalis sa utak ko ang linyang yun na binitiwan ni Taguro.

Saglit na katahimikan ang namutawi at hindi ko na maipaliwanag ang halu-halong emosyong biglang dumaloy sa katawan ko. Wala sa sarilig napatayo ako.

"W-Where are you going?" tanong ni Tob, pero hindi ko sya sinagot. Tumingin ako kay Daddy saka nagsalita.

"I h-have to go to the comfort room." usal ko at saka tumalikod at nagsimulang maglakad.

"Wag kang mag-alala hindi mahirap gustuhin ang Kuya mo, kaya kung dumating man yung oras na magustuhan ko na siya sasabihin ko agad sa'yo, matapos kong sabihin sa kanya."

Napahinto ako sa paglalakad.

TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!"

Anong sabi niya? Tama ba ang narinig ko!?

Wag kang mag-alala hindi mahirap gustuhin ang Kuya mo, kaya kung dumating man yung oras na magustuhan ko na siya sasabihin ko agad sa'yo, matapos kong sabihin sa kanya.

Wag kang mag-alala hindi mahirap gustuhin ang Kuya mo, kaya kung dumating man yung oras na magustuhan ko na siya sasabihin ko agad sa'yo, matapos kong sabihin sa kanya.

Dahan dahan akong napalingon kay Taguro at nagtama ang paningin naming.

Walang reaksyon ang mukha niya tulad ng nakasanayan na pero.

PAKIRAMDAM KO AY KUSANG KUMIKISLAP ANG MGA MATA NYA HABANG NAKATINGIN SA'KIN!

Sorry, hindi ko na mapigilan ang nararamdaman ko para sa'yo. naiusal ko sa isip ko habang nakatingin ng deretso sa mga mata niya.

"Oh?? Akala ko ba magsi-CR ka?!" nakangising tanong ni Tob.

"H-Ha?" maang-maangang tanong ko.

"Sabi mo magsi-CR ka?! Alis! Alis!"

"H-Ha!? O-Oo. Oo." wala sa sariling sagot ko at saka dali daling tumalikod sa kanila at nagmadaling naglakad palabas.

Tama ba yung narinig ko?!

Wag kang mag-alala hindi mahirap gustuhin ang Kuya mo, kaya kung dumating man yung oras na magustuhan ko na siya sasabihin ko agad sa'yo, matapos kong sabihin sa kanya.

Hindi naman ako pwedeng magkamali dahil dinig na dinig ko ang sinabi niyang yun! Aisshh! Nakakainis! Bakit kailangan niyang magbitaw nang ganong klase ng linya!?

Nagmadali akong maglakad kung saan saan kahit hindi ko alam kung saan na ba ako nakakarating.

Hindi mawala sa isip ko yung sinabi ni Taguro at nagpapaulit-ulit na naman yun sa isip at pandinig ko.

Nakakainis! Nasan na ba kasi yung CR dito!!

"Kyaaaa si Deib!"

"OMG he's so gwapo talaga!"

"Sinabi mo pa Sittie!"

"Waaaa Chatz! Tignan mo kung sinong nasa harap natin!"

"Oh my gosh! Jocelyn! It's Deib Enrile!"

"Kyaaah! Gusto ko siyang makilala huhuh!!"

"Goodluck naman sa'tin Lissele kung mapansin tayo ng isang Deib Lohr Enrile."

"Hays oo nga."

Napahinto ako sa paglalakad at saka dahan dahang tumingin sa kanila.

"H-Hi." wala sa sariling sabi ko at.

"Kyaaaaaa!"

"Waaaaaaaaaa!"

"OMG! OMG! OMG!"

"Did he just said hi? Waaaaa!"

"Oh no waaaaaa!"

"Nag-hi siya sa'tin!"

"Waaaa! I'm so inlove with him na!"

Pasalamat kayo at kinikilig rin ako kaya nasa mood rin akong pakiligin kayo hehe.

"Saan ang CR dito?" nahihiya pang tanong ko.

"A-Ahh doon.. turo nung isa sa kanila.

"Thank you." nakangiting sagot ko at saka mabilis na dumeretso doon.

"Waaa!"

"Kyaaaaa!"

Mabilis akong pumasok sa CR naglock. Napahawak ako sa dibdib ko at doon ko inilabas ang lahat ng ngiti ko.

"Hehehehehe." mahinang tawa ko habang nakatingin sa isang sink. Hindi mawala ang mga ngiti sa labi ko.

Wag kang mag-alala hindi mahirap gustuhin ang Kuya mo, kaya kung dumating man yung oras na magustuhan ko na siya sasabihin ko agad sa'yo, matapos kong sabihin sa kanya.

Ibig ba niyang sabihin e, sasabihin niya muna sa'kin na may gusto na siya sa'kin at saka niya sasabihin kay Joan?! Hahahahahaha ang sweet nun pakshet!! Hahha!!

Bakit ka ba ganyan Taguro!? Kung tutuusin pwede mo namang sabihin sa'kin yan ng deretso e. Hindi yung pinadadaan mo pa sa bata yung mga gusto mong sabihin sa'kin hahaha! Matatanggap ko naman bale yun e haha, tanggap na tanggap ko!!

This is the best feeling ever. Hindi ko pa 'to naramdaman kay Kim kaya naman napakaswerte mo Taguro, maswerte ka't isang Deib Lohr Enrile ang nagkagusto sa'yo.

Matapos ang nakakahiyang pinaggagagawa ko sa loob ng CR ay saka ako lumabas ng nakangiti.

"Ano!?" tatawa tawang salubong sa'kin ni Tob. Natawa naman ako bigla sa itsura niya. **"Nay! Nakakadiri 'to e! Naihi ka sa kilig dre?! Pakyu haha!"**

"Hahahha!" malakas na tawa ang isinagot ko sa kanya.

"Hala siya, sige sige tawa lang ng tawa!" parang birong hamon niya pa.

"Hahaha!"

"Tsk tsk, hindi pala sigurado ah?! Hahahaha! Ano!? Ngayon mo sabihin sa'king hindi ka sigurado dre!"

"Hahaha sigurado na'ko dre, siguradong sigurado na." tumatawa munit seryosong sagot ko. Hindi ko alam kung paanong nagderederetso ang paglabas ng mga salitang yun mula sa bibig ko.

Hindi agad ako sinagot ni Tob. Pero nanatili siyang nakangiti habang deretsong nakatingin sa'kin.

"I'm for you dre. I'm happy for you Deib." nakangiting sambit niya.

"Thanks dre." nakangiti ring sagot ko.

Tinapik niya ako sa balikat at saka inakay.

"Tara na nga hahaha, mas maganda magiging laro mo nyan! Sabi naman sa'yo, lucky charm mo yun si Taguro e hahahaha!"

"Haha."

"Pucha kapag naging girlfriend mo yun, walang lugar na delikado hahaha!"

"Hahaha."

"King ina puro tawa 'to e, hindi na ba mauubos yang kilig mo!? Nakakadiri ka!"

"Hahaha nasan na sila Lee?"

"Nauna na. 15 minutes na lang laro na natin." sabi niya habang nakaakbay sa'kin. Tumingin naman ako sa relos ko at saka deretsong naglakad papasok sa court at saka dumeretso sa team mates namin. Maya mya pa ay lumapit na sa'min si Coach.

"Okay team, it's us versus Colico School International." nakangiting sabi ni Coach. **"Hindi na ako magsasabi ng kung anu-ano pa dahil kahit hindi na ako magsalita alam kong gamay nyo na ang mga kilos at tira nila. Pero wag niyo pa rin kalilimutang maging maingat okay!? Wag magpapetiks petiks."**

"Yes Coach!" sagot naming.

"Oh sige magpalit na kayo, magsisimula na tayo in 10 minutes."

At mabilis kaming nagsipagpuntahan sa locker room at nagpalit. Ilang minuto pa ang nakalipas at nakahanda na kami, nagsimula na ring maging maingay ang buong court at mas naging excited kami dahil dati na naming nakalaban ang mga 'to. Kasundo namin ang team na makakalaban namin kaya alam naming hindi magkakaroon ng problema. Ang totoo, sila na rin ang nagsabing fans namin sila hehehe.

"Oh Randall?"

Dahan dahan akong napalingon sa tinitignan ni Lee nung sabihin nya ang huling linyang yun.

Nagulat ako nung magtama ang paningin namin ni Randall.

"I came to say good luck to your whole team." nakangiti munit seryosong sambit niya.

"T-Thanks." naisagot ko sa kanya.

Hindi ko alam kung anong dapat kong maramdaman dahil napaka-awkward sa'kin ng nangyayari ngayon. At hindi ko inaasahang mas magiging awkward pa dahil..

"Max."

Muli akong napalingon sa likuran ko ng bitiwan ni Tob ang huling linyang yun. Nagtama rin ang paningin namin ni Taguro at taka siyang napatingin sa'ming lahat. Salubong ang kilay niya na parang nagtatanong kung bakit magkakasama kami. Munit hindi man lang siya nagsalita at saka naupo sa bench na nasa tabi ko mismo munit nananatili akong nakaupo.

"Yun oh! Manonood siya ng game natin!" si Tob. **"Nasaan ang mga kasama mo? Si Michiko?? Hehehehe."**

"Pasunod na sila." nakangiting sagot ni Taguro sa kanya.

"Yun oh! Hehehehehe!"

"Pein." si Randall.

"Oh?" si Taguro.

"Can you come with me?" seryosong tanong ni Randall sa kanya.

Come with you?! Saan?! Bakit?! Bakit ngayon pa!? Alam mo ba kung anong meron ngayon?!!

"Where?" inosenteng tanong pa ni Taguro.

"J-Just come with me." pilit ang ngiting sambit ni Randall at hindi naman nakasagot si Taguro sa kanya.

Magkahalong inis ang pagtataka ang mabilis na dumaloy sa buong katawan ko dahilan para magpalipat lipat ang tingin ko sa kanilang dalawa.

Tinitigan ni Taguro si Randall na para bang binabasa nya ang laman ng isip nito. Tinignan nya rin mula paanan hanggang ulo si Randall at saka tumayo.

"Okay." malumanay na sagot ni Taguro at saka lumapit kay Randall.

"T-Teka." pigil ko sa kanya. Tumingin naman siya ng dahan dahan sa'kin at saka tumingin sa kamay kong pumigil sa kanyang braso. **"Bakit ka sasama sa kanya---m-may laro ako e?"**

"I m-mean, aren't you gonna stay h-here and finish my game?" lintik sa kabang tanong ko.

Bahala na! Wala akong pakialam kung anong isipin niya! Ang mahalaga sa'kin ngayon ay ang manatili siya dito at ang wag ng sumama sa gunggong na yan!

"Tss, makakapaglaro ka naman ng wala ako e." parang natatawa pang sagot ni Taguro.

Oo nga pero magiging maganda ang laro ko kung nandito ka!

"O-Oo nga." naisagot ko.

Engot ka Deib!

"Good luck on yer game then. I have to go somewhere." nakangiting sabi niya sa'kin saka dahan dahang hinawakan ang kamay ko at inalis yun. Naglakad siya papalapit kila Lee at Tob! **"Good luck."** nakangiti pang sabi niya at saka humarap kay Randall.

Wag kang sumama!

Tumingin naman sa'kin si Tob na parang naghihintay na may gawin ako.

"T-Taguro. " wala sa sariling naiusal ko at lumingon naman agad siya.

Anong sasabihin mo Deib!?

Sasabihin ko bang wag siyang umalis?!

E paano kung magtaka siya kung bakit?! Anong sasabihin ko?! Na ayaw ko lang na umalis siya?! That's nonsense!

"Bakit?" takang tanong ni Taguro.

"Ingat." naisambit ko na lang.

"Salamat." nagtatakang sagot niya at saka tumingin kay Randall at nagpaumunang maglakad.

"Good luck." nakangiting sabi muli ni Randall at saka kami tinanguan at naglakad papalayo sa'min.

Hindi ko inalis ang paningin ko sa kanilang dalawa habang magkasunod silang naglalakad papalabas ng Court. Hindi ko rin maipaliwanag ang kakaibang bilis ng tibok ng puso ko gayun na rin ang nginig ng mga kamay at braso ko.

Badtrip.

Naiinis ako.

Gusto kong magalit.

Bakit kailangan niya pang sumama don!? Nakalimutan niya na ba kung anong ginawa sa kanya nun?!

"Saan naman kaya pupunta yung dalawang yun?" taka ring tanong ni Tob na kay Lee nakaharap. Nagkibit-balikat naman si Lee sa kanya at saka siya tumingin sa'kin. Munit hindi ko siya sinagot. Inis akong muling tinignan sila Taguro at Randall hanggang sa tuluyan silang makalabas sa court.

Kung kailan naman ganito ang nararamdaman ko. Kung kailan ka nagbitaw ng mga ganong klase ng salita, bakit nililito mo na naman ang nararamdaman ko?

OceanofPDF.com

CHAPTER 106 : INTERHIGH

MAX'S POV

Eksaktong pagkarating namin ni Randall sa labas ng SIS ay saka ko sya tinanong.

"Saan ba punta natin?" tanong ko.

"Sa puntod ni Daddy."

Sa puntod ba talaga ni Tito? Tss.

Hindi ko alam kung bakit parang ayaw kong maniwala.

May isang parte sa kalooban ko ang naiinis dahil hindi man lang muna ako nag-isip bago ako sumama.

Paano kung may makakita sa'min? Tss, kung anu-ano na namang maririnig ko nun pag nagkataon.

"Don't stare at me like that." natatawa kunwaring dagdag pa niya. **"Don't worry, sa puntod talaga ni Dad ang punta natin."**

You really know how read me.

"Wala ka na bang game mamaya?"

"Sa tingin ko wala na, walang nabanggit si Coach."

"Good." nakangiting sabi noya pa.

"But that doesn't mean na magtatagal akong kasama ka. Kailangan kong bumalik agad----"

"Don't worry. Ihahatid naman kita ng maayos Pein." matamis ang ngiting sabi niya. **"I just want to visit Dad, with you."**

Hindi ko na siya kinibo at naglakad na ako papunta sa motor ko.

"Ahh wait." pigil niya sa'kin. **"We'll use my car."**

"Nakakapag-isip ka pa ba ng tama?" seryosong tanong ko.

"H-Huh?"

"Tss. Maraming nakakakilala sa'tin dito at alam kung anong nakaraan meron tayo. Nandito ang mga Moon at ayoko lang may marinig na kung anu-ano kapag may nakakita sa'tin."

"I guess they won't mind kapag nalaman nilang bibisita lang tayo kay Dad?"

Hindi ko siya sinagot at nanatili akong salubong ang kilay.

Munit bahagya pa akong nagulat nung dahan dahan siyang lumapit sa'kin at hawakan ako sa magkabilang balikat.

"Please Pein? Kahit ngayon lang, samahan mo ko?" seryosong tanong niya habang nakatingin pa sa mga mata ko. **"Bukod kasi sa'yo ay wala na akong kilalang ibang taong makakapagpakalma sa nararamdaman ko kapag si Daddy na ang nasa harapan ko. Hindi ko pa rin tanggap hanggang sa ngayon Pein, hindi--"**

"Pagbibigyan kita, hindi mo na kailangang magdahilan pa." pigil ko sa sinasabi niya at bahagya naman siyang napahiya. **"Pero wag mong uugaliin 'to dahil mas maganda kung sasanayin mo na ang sarili mo sa mga bagay na dapat ginagawa mo ng mag-isa."** at saka ako naglakad papalapit sa parking lot.

Maya maya pa ay naramdaman ko ng sumunod siya sa'kin, pinauna ko siyang maglakad dahil hindi ko alam kung nasaan ang kotse niya.

"Kaya ko naman 'to mag-isa, pero mas kakayanin ko kung kasama kita." nakangiting sabi niya at saka ako pinagbuksan ng pinto ng kotse. Hindi ko naman na siya sinagot dahil malamang may isasagot rin siya kaagad.

Tss.

Nung makasakay na kami sa kotse niya ay hindi na ako tumingin pa sa kanya at nanatili akong nakatingin sa labas ng bintana. Pakiramdam ko kasi kapag humarap ako sa kanya ay magfaflashback sa harap ko ang nangyari nung gabing sinabi niya sa'kin ang lahat ng katotohanan.

Ayoko.

Hindi ko kaya.

Natatakot akong baka bumigay ang puso ko at sa huli..

MAGHABOL AKO SA KANYA.

Kailangan mong pigilan ang damdamin mo Maxpein. Ikaw na rin ang nagsabi hindi na kayo tulad ng dati.

Malakas ang buntong-hiningang pinakawalan ko bago pa man niya tuluyang paandarin ang sasakyan.

"Hindi ko alam na may kinatatakutan na pala si Maxpein?" biglang sabi niya. HIndi ko naman na siya nilingon pa. **"Dati rati kasi."** parang natatawa pang sabi nyia. **"parang wala kang kinatatakutan hehe. Parang lahat ng bagay kaya'ng kaya mo."**

Bato nga nagbabago e, ako pa kayang tao? Tss.

"Paniguradong matutuwa si Daddy kapag nakita ka niya, hehehehe.."

"Hindi niya na ako makikita pa Randall."

"Huh?" takang tanong niya na napalingon pa sa'kin. **"W-What do you mean? H-Haha."**

"Hindi na natin kasama ang Daddy mo kaya hindi niya na ako makikita pa---at mas lalong hindi na siya matutuwa pa."

"H-Hahaha, what are you saying Pein? Hindi ba't sabi nga nila kahit namatay na ang tao ay nananatili sila sa mundong 'to para bantayan yung mga mahal nila sa buhay na naiwan nila? Kaya sigurado akong makikita ka niya at matutuwa siya kapag nangyari yun, hehe."

"If you say so." walang ganang sagot ko at saka muling tumingin na lang sa bintana.

Wala akong panahong makipagtalo sa kanya. Masyado akong nag-aalala sa nararamdaman ko dahil natatakot akong baka ano mang oras mula ngayon ay magbago 'to.

Wag mo ng guluhin si Randall, Maxpein. Masaya na siya sa buhay niya kaya maging masaya ka na lang para sa kanya.

Ilang minuto rin kaming bumyahe bago makarating sa Memorial Park kung saan nakalibing si Tito Renz, daddy ni Randall.

"Wait, let me help you open the door---"

"Ako na." pigil ko sa kanya at saka ko binuksan ang pinto. Bahagya man siyang nagulat ay nakabawi naman agad siya at saka umiwas. Agad ko namang binuksan ang pinto at saka ako bumaba sa kotse niya.

Mula sa kinatatayuan ko ay tanaw ko na agad ang mataas na parteng yun ng park kung saan siya mismong nakalibing. Habang hindi pa nakakababa si Randall ay inilibot ko na muna ang paningin ko sa lugar kung saan nakatayo ang tent noon bago ilibing si Tito..

Ang lugar kung saan humandusay kaiiyak si Randall.

Ang pwesto kung saan nagpumilit siyang tumugtog ng gitara at kumanta.

Ang parte kung saan dahan dahang ibinababa ang kabaong ni Tito dahilan para halos magwala si Randall.

Lahat lahat ng yun ay parang nakikita ko pa sa harapan ko ngayon.

Kailan ka ba mawawala sa isip ko? Kailan ka ba maalis sa paningin ko?

Ayoko na. Ayoko ng makagulo pa sa buhay na meron ka ngayon.

"Let's go?" nakangiting sabi niya nung lingunin ko siya. Munit nagulat pa ako ng bahagya sa nakita kong bitbit niya.

"A-Ano yan?" takang tanong ko habang nakaturo sa dalawang basket na dala niya. Yung isa ay parang may mga dahon dahon pang nakalawit sa pinakacover niya.

"Foods hehe, let's go." yaya niya at saka nagpaumunang maglakad.

Alam kong pagkain yun pero bakit kailangan pang magdala ng pagkain kung dadalaw lang naman!? Ano yun!? Alay!? Tsk!

Inis akong sinundan siya sa paglalakad pero bago ko pa man siya maabutan ay nauna pa rin siya'ng makarating sa harap mismo ng museleyo ni Tito, agad nyang binuksan ang padlock ng gate nun at saka pumasok.

"Come in." nakangiting yaya niya sa'kin, wala naman akong choice kung hindi ang sumunod sa kanya.

"Bakit nagdala ka pa ng pagkain?" kunwaring tanong ko habang nagpapagpag ng paa.

"Para hindi tayo magutom! Hehehe!"

"I told you I need to go back there---"

"Don't worry dahil hindi naman 'to kasing dami ng iniisip mo. Dalawang basket 'to pero ang laman lang naman nito ay yung mga paborito mo, wag kang mag-alala ang dinala ko lang ay sigurado akong mauubos mo at hindi mo pag-iisipang di ubusin hehehe."

Mabilis siyang naglakad papunta sa dining table na nasa harap mismo ng nitso.

"Good afternoon Dad. Pein and I just arrived tulad ng promise ko, sa susunod na punta ko ay kasama ko na siya hehehe." sabi pa ni Randall habang pinupunasan ang nitso ni Tito. **"Hmm. Mukhang mahusay yung nakuha kong caretaker mo ah? Ang kintab kintab nitong marmol mo hehehehe. Nice. Pero teka? Mukhang dumadalang ang mga bisita mo Dad ah? Parang."** pinulot niya ang isa sa mga bulaklak. **"eto pa yung huling dinala ko ah? Hays, hindi pa ba dumalaw sa'yo ang asawa mo? Hehe, niyaya ko si Mommy pero ang sabi niya ay gusto nyang mag-isa siyang dadalaw bukas kaya naman nauna na ako. Rest day ko ngayon actually pero dahil nanood ako nang laro ni Pein, medyo na-late ako ng dalaw sa'yo. Wag ka ng magtampo Dad ha? Hehehe."**

Hindi ba't yung huling parte lang ang pinanood niya? Unless.

Lihim niyang pinanood ako mula umpisa? Tsk tsk tsk.

"Aren't you going to say hi to Dad, Pein?" nakangiting tanong sa'kin ni Randall. Tinignan ko muna siya at mukhang seryoso siya kaya naman

lumapit na rin ako.

"H-Hi D-Dean Echavez." sabi ko matapos kong mag-bow sa puntod niya.

"Dean? Hahaha! Anong Dean?! Hindi ba't Tito ang tawag mo kay Daddy?"

"Tss."

"Dad, nagdala ako ng pagkain para makapagbonding kami ni Pein."

"Hindi rin kami magtatagal dito Dean Echav---"

"Please stop calling him that." nakangiti munit seryosong pigil sa'kin ni Randall. **"It's awkward, it really sounds awkward. Kung pwede Tito nalang ulit ang itawag mo sa kanya."**

Hindi ko siya sinagot munit nanatili akong nakatingin sa kanya.

"And don't worry, just like what I've said, ihahatid kita pabalik sa SIS."

"Okay." walang ganang sagot ko at saka ako naglakad papunta sa dining table. Kunwari kong binuklat ang basket na dala niya para may magawa ako.

Gulat ako nang bumungad sa'kin ang nagkikintaban at iba't ibang kulay ng mga prutas at kung anu-anong cupcakes.

Isa isa ko yung tinignan at bawat isa sa mga yun ay napapalunok ako dahil mukha silang masasarap.

Favorite?! Kelan ko pa naging favorite ang mga 'to!? Tss.

Takang tanong ko sa isip ko habang patuloy ang paggala ng mga mata ko sa unang basket na binuksan ko.

Saka ko binuksan ang isa pang basket.

Ano 'tong mga 'to?!

"Ahh yeah before I forgot." dinig ko pang sabi ni Randall at saka lumapit sa'kin at may kinuha sa pangalawang basket na binuksan ko. **"Wait."** nakangiting sabi niya pa sa'kin at saka muling lumapit kay Tito dala ang isang cute na cute na bonsai.

Nakatagilid pa ang ulong sinundan ko siya ng tingin pabalik sa nitso ni Tito.

"I brought you something and I know na magugustuhan mo 'to Dad." nakangiting sabi niya at saka inilapag ang bonsai sa ibabaw ng nitso. **"tulad ng pinangako ko rin hehe. Here's your Hinoki Cypress Tree, bonsai type yan. Ang liit di ba? Kaya cute na cute siya. Ngayon may**

panibago na akong dahilan para dalawin ka ng mas madalas Dad!" nakangiting sabi pa niya.

Tinignan ko yung bonsai na dala niya, maganda siya kahit na wirdo. Nakakamanghang tignan. Nakakatuwang may isang maliit na puno tulad nun.

Napatingi ulit ako kay Randall nung nakangiti siyang maglakad pabalik sa pwesto ko.

"Excuse me. Bubuhatin ko 'tong table para doon tayo sa harap ni Daddy." nakangiting sabi niya.

Hindi ko maintindihan kung bakit parang nararamdaman ko na naman yung nakakaawang Randall, yung Randall na parang batang umiiyak dahil nawalan ng tatay. Yung Randall na kahit nakangiti ay alam na alam mong pilit.

"Tutulungan na kita---"

"Hindi na kaya ko 'to hehe. Kunin mo na lang yung mga foods. Bawal sayo'ng magbuhat ng masyadong mabibigat di ba? Remember, maglalaro ka pa." nakangiti pa ring sabi niya at saka malakas na binuhat mag-isa yung table at saka dinala sa harap ng nitso ni Tito. **"A-Ahh Dad."** parang hinihingal pang sambit niya. **"dito kami sa harap mo ah? Hehehe. Para mas makapagkwentuhan tayo."**

Hindi ko maintindihan pero ang wirdo lang talaga ng dating sa'kin nung ginagawa niyang pagkausap kay Tito. Pakiramdam ko tuloy, anytime ay sasagutin siya ni Tito.

Tsk! Wag ka ngang timang Pein! Ganyan naman talaga ang ginagawa ng mga naiiwan sa pumanaw. Kinakausap nila para malessen yung pain at makaget over sila.

Matapos nung mga ginawa niya sa nitso ni Tito ay pawisan siyang umupo sa harap ko habang nakatingin pa rin sa nitso at nakangiting nagpupunas ng pawis.

"Teka bubuksan ko yung aircon." nakangiting sabi niya pa at saka muling tumayo at kinuha ang remote at pinindot yun.

May mali e.

Pakiramdam ko talaga ay nakikita ko na naman yung Randall nung mga oras na nakaburol pa si Tito. Yung Randall na nagpipigil ng emosyon para hindi magmukhang kawawa.

Pagkabalik niya ay sinimulan nyang ilabas isa-isa yung pagkain.

"Dinala ko talaga lahat 'to para sa'yo, hehe. Nandito na 'to kaya wag ka ng magreklamo. Ang totoo, alam kong hindi mo favorite 'tong mga 'to hahahaha. Sa tingin ko kasi kailangan mong kumain dahil ang laki na ng ipinayat mo samantalang kailan lang mula nung una kitang makita dito, parang bumagsak na ang katawan mo." mahabang sabi niya at saka tinapos ang paglalabas ng pagkain at naupo sa harap ko. **"Hindi naman sa nangingialam ako pero sana wag mo namang pabayaan ang sarili mo. Hindi makakabuti sa kalusugan mo yung, malusog ang katawag mo tapos biglang babagsak. Nagdadiet ka ba?"**

Nagdadiet nga ba ako? Pakiramdam ko naman ay hindi. Pero mukhang namayat nga ako, mas lumuwag kasi ang mga damit ko, pero ganon na ba talaga kalaki ang ipinayat ko?

"Pein?"

"H-Ha?"

"Tinatanong ko kung nagdadiet ka ba?"

"Hinde." nagtatakang sagot ko at napailing naman siya.

"Ang bilis mo lang kasing pumayat, nakakapagtaka. Mmm, let's eat?"

"Sige, mukang masarap yang mga dala mo e."

"Masarap talaga yan, hehe. Hindi pa kasi uso ang mga 'to nung tayo pa kaya hindi kita natreat ng ganito, hehehe." nakangiti pang sabi niya.

Hindi ko siya sinagot, kundi ay kinuha ko ang isa sa mga cupcakes at sinimulang kainin yun.

"How was it?" nakangiting tanong niya.

d-.-b

'Teka naman! Hindi pa nga nanunuot sa dila ko yung lasa e!'

"Masarap di ba?" tanong na naman niya at tinanguan ko na lang siya. **"I knew you'll like it, nice pick!"** masayang sabi niya pa at saka kumuha ng isa sa mga prutas. **"Here try this one too."**

"Ano 'to?" tanong ko habang ngumunguya at nakatingin sa prutas na yun.

"Dragon fruit yan hehe, masarap yan. Akina, bubuksan ko---"

"Ayoko nyan, di ko trip ang itsura."

"H-Ha!? Bakit naman?!"

"E nakakatakot ang itsura." sabi ko na kusang ibinalik yung prutas na yun sa kanya.

"Hahahaha! Anong nakakatakot dito?" natatawang tanong niya.

"Ngayon lang ako nakakita nyan kaya ayokong kumain nyan, hindi ko gusto ang itsura." nakangusong sabi ko pa.

"Pero promise masarap 'to hahahahaha!"

"Wala akong pakelam---ayoko ng itsura nyan kaya hindi ko yan kakainin!"

"Hahahahaha! Teka babalatan ko. I'm telling you, this one is very very good." sabi niya pa at saka binalatan. Hindi ko naman siya pinansin at nagtuloy na lang ako sa pagkain. **"Here."** abot niya sa'kin.

d-.-b

Hindi ko kinuha ang iniaabot niya.

Nanatili akong nakatingin ng masama sa prutas na yun habang patuloy ang pagnguya sa masarap na cupcake na dala niya.

"Here hahaha come on Pein. Masarap 'to! Sinasabi ko sa'yo masarap 'to."

"Ayoko nga nyan."

"Masarap nga kasi 'to., hindi mo malalaman ang lasa kung hindi mo titikman kaya sige na---"

"Ayaw."

"Dali na."

"Ayoko nga."

"Please?"

"Tss, sige ipilit mo pa."

"Sige na Pein please? Masarap 'to promise, kapag hindi ka nasarapan dito ipapaputol ko ang dalawang kamay ko."

"Ipaputol mo na, hindi ko titikman yan."

"Sige na hahahaha! Ano ka ba!? Prutas lang naman 'to e."

"Prutas nga pero ang weird ng itsura nyan kaya hindi ko kakainin yan!" salubong ang kilay na sagot ko pa.

"Hahahaha! Weird ang itsura nito pero the best ang lasa! Kaya sige na! Hindi kita titigilan sige ka---"

"Akina." agaw ko nung prutas sa kanya.

"Hahahaha, sabihin mo sa'kin kung anong lasa."

Masarap nga!

"A-Ayoko pa rin nyan, iyo na lahat." sabi ko na ibinalik pa yung ibang parts nung prutas.

"Hala, hindi mo talaga nagustuhan?!" salubong ang kilay pang tanong nlya.

"H-Hindi." nakangising pagbibiro ko.

Masarap siya pero dahil wirdo ang itsura, hindi ko pa rin magugustuhan yan! Bahala ka sa buhay mo!

"Tsk, nakakainis naman." mahinang sabi niya.

"Bakit?" takang tanong ko.

"E kasi hindi mo nagustuhan, ako ang nagharvest nyan e!" nakanguso pang sagot niya.

Eh!?

Seryoso?! Siya ang nagharvest!?

"Tss, e sino ba kasing nagsabi sa'yong iharvest mo yan!?" inis kunwaring tanong ko pero sa loob loob ko ay natatawa ako sa itsura niya.

"A-Ang yabang mo ah! Psh! Hindi mo ba alam yung salitang effort ha!?"

"Ahh so gusto anong gusto mo? Ang masarapan ako dyan sa dragong prutas mo para hindi masayang ang effortmong magharvest!? Tss. Edi sana hindi ka na nagdala."

"Ssshhk! Nakakainis ka ah! Hindi na nga kita dadalhan nyan sa susunod!"

"May susunod pa ba?" gulat talagang tanong ko.

"Kung gusto mo hehe."

Hindi ako nakasagot at nanatili akong nakatingin sa kanya habang siya nama'y nakangiti sa'kin.

"Namiss ko 'to ahh." biglang usal nya habang nakangiti at nakatingin sa'kin. **"Namiss ko 'tong ganitong okay na okay tayo."** dagdag pa niya.

Hindi pa rin ako sumagot, sumandal ako sa upuan ko at iniiwas ang paningin ko sa kanya.

"Wag mo sanang isipin na kaya kita niyaya dito ay para pakinggan ang mga sintemyento ko hahahaha. Hindi naman sa ganon. Gusto lang talaga kitang makasamang dumalaw kay Daddy kasi nasabi ko sa kanya 3 days ago na sa susunod na balik ko dito, ikaw na ang kasama ko nagkakataon lang talagang hindi ko maiwasang hindi maaalala yung dating satin." nakangiting sabi niya pa.

"Hindi mo naman mabubura sa isip mo yun, pwera na lang kung magka-amnesia ka." biro ko naman.

"Bakit nga ba hindi na lang ako nagka-amnesia? Hahaha!"

Umpog mo sarili mo, isang matinding headbang!

"Hindi ko pa rin maiwasang magtanong Pein, bakit kailangang magkaganon? Bakit kailangang humantong sa ganon? Tsk tsk, buhay nga naman." halatang pilit ang ngiting dagdag niya pa.

"Nakatakdang mangyari yun kaya wala ka ng magagawa." pilit rin ang ngiting sagot ko at nagtama ang paningin naming dalawa.

"Oo alam ko, pero hindi ko maintindihan ang tadhana hehe. Pakiramdam ko kasi ay yang tadhanang yan ang may kasalanan kung bakit tayo nasasaktan, siya ang nagplano nyan kaya siya lang talaga ang may kasalanan hahaha!"

"Edi hanapin mo si tadhana, saka mo banatan." biro ko.

"Ano ako? Si Maxpein? Haha."

"Tss."

"Joke lang hehe. Kumusta ka nga pala sa school? I mean, wala na bang nambubully sa'yo? Aside from Deib of course." pag-iiba niya sa usapan.

"Mmm, okay na. Wala na masyadong bullies, meron pa rin naman pero iilan na lang sila. Baka nga nag-iisa na lang e. Pero wala ng nananakita.. wala ng nananapak, wala ng nambabato, nanghahampas. Puro parinig at kung anu-anong pasaring na lang. Boring na kaya hindi ko na masyadong pinapansin."

"Hahahaha yan si Maxpein."

"Nakakasawa rin kasing pansinin e."

"Dyan ako bilib sa'yo e, kahit noon pa. Wala ka talagang inaatrasan." nakangiting sabi niya at hindi ko naman siya sinagot. Kumuha pa ako ng cupcake at saka kinain ulit yun. **"Buti natagalan mo?"**

"Ang alin?"

"Yung pambubully nila sa'yo?"

"Mmm, parte ng pag-aaral yun e."

"Pero hindi tama yun."

"Oo nga pero kasi, kung aalis ako dahil lang sa binubully nila ako? Anong mapapala ko? Wala ng tatanggap na school sa'kin kapag nagdropout ako. Ending, ako na naman ang out of school youth! Nakakasawa maging tambay!"

"Haha. I like that."

"A-Ang alin?"

"Yung reason mo, napakamatured."

"A-Ahh."

"Si Deib?"

"A-Ano siya?"

"Mmm, bakit kayo humantong sa ganon? Ibig kong sabihin, sinabi nya ba sa'yo kung anong dahilan niya at ginawa nya yun sa'yo?"

"Ahh, hindi."

"Ha? Bakit hindi?"

"Hindi ko naman kasi tinanong."

"Hahahaha, e bakit hindi mo tinanong?"

"Actually, nakilala ko siya nung pinatid niya ako sa harap ng maraming tao nung first day of school at nung time na yun, tinanong ko siya kung bakit niya ako pinatid?"

"Ha?! He did that?"

"Mmm."

"Tsh! E bakit niya naman daw ginawa yun?!"

"Hmmm." at inalala ko yung sinabi nun ni Sensui.

Nangyari na e. Ano pa bang magagawa mo?

Bahagya pa akong napangisi sa alaalang yun.

Saka ko naman naalala yung mga linyang binitawan nya kanina.

~FLASHBACK~

"T-Teka." nagulat pa ako nung pigilan ako ni Sensui gamit ang kamay niya pampigil sa braso ko. **"B-Bakit ka sasama sa kanya---m-may laro ako e?"**

Ano daw?! Tss, oh e ano naman kung may laro siya? Anong akala niya sa'kin!? Super FAN?

"I m-mean, a-aren't you gonna stay here and finish my game??" dagdag tanong niya pa.

'Wow. Hindi ka pa ba kuntento dyan sa mga taga-sigaw mo at balak mo pa talagang idagdag ako!? Tss!

"Tss, makakapaglaro ka naman ng wala ako e." inis na sagot ko.

"O-Oo nga." sagot niya.

Yun naman pala e, bakit nagtatanong ka pa kung hindi ako manonood!?

"Goodluck on yer game then. I have to go somewhere." nakangiting sagot ko at saka dahan dahang hinawakan ang kamay niya at inalis yun. Naglakad ako papalapit kila Lee at Tob. **"Good luck."** nakangiti sabi ko sa kanila at saka ako humarap kay Randall. **"Let's go."** mahinang sabi ko kay Randall at tumango naman agad siya.

"T-Taguro."

Gulat na naman akong napatingin nung muli akong tawagin ni Sensui.

Ano bang trip neto ngayon!?

"Bakit?" inis na tanong ko.

"I-Ingat." mahinang sambit niya.

"Salamat." nagtatakang sagot ko at saka tumingin kay Randall at nagpaumunang maglakad.

Tss! Ano kaya'ng nangyari sa ungas na yun at sumobra naman yata sa bait ngayon!?

~END OF FLASHBACK~

"Pein?"

"H-Ha?" nawala sa isip kong kausap ko nga pala si Randall.

"Are you still with me?"

"A-Ahh hahaha, oo naman---may naisip lang sorry."

"Would you mind sharing it with me? Hehe."

"A-Ahh hahaha, inalala ko lang yun sinabi ni Sensui sa'kin noon."

"Sensui?"

"Mmm, si Enrile."

"Si Deib?"

"Mmm."

"Hahaha bakit Sensui!? Weird!"

"E Taguro ang tawag niya sa'kin e, edi siya si Sensui."

"Ha?! Hahahahaha! Ahh yeah, nabanggit niya sa'kin yun."

"Ang alin?"

"Yung tungkol sa Taguro thing hehehe, pero hindi ko alam na siya pala si Sensui hehehe! That's nice, it suits him hahaha!"

"Yeah right hahaha."

"So ano ngang sabi niya sa'yo? Bakit ka daw niya pinatid?" pagbabalik niya sa usapan.

"Nangyari na e. Ano pa bang magagawa mo?" panggagaya ko sa sinabi ni Sensui nung oras na yun.

"Ha??" takang tanong niya.

"Yun ang sinabi ni Sensui. Tss."

"Oh? Hahahahaha! Napakaisip bata talaga nun ni Deib! I mean, ni Sensui!" natatawang sabi niya at saka tumingin ulit sa'kin. **"Alam mo bang hindi lang ikaw ang binully nun sa BIS!? Ang daming nagdropout sa school na yun every 1st up to the 2nd week of school year. Lahat kasi**

ng bago ay inaaway ni Deib at yung iba ay hindi nakakatagal sa ginagawa nya kaya naman pinipili nalang na magdropout!"

"Tss he's stuuupid."

"Hahahaha bakit naman?"

"Kasi hindi niya alam kung anong pwedeng maging effect nung ginagawa niya sa mga students na binubully niya."

"Ahh yeah, that's how immature he is. But he's really cool, he's nice in and out."

"Nice?! Tss, kung alam mo lang lahat ng ginawanya sa'kin, ewan ko lang kung matawag mo pa syang nice."

"Hahahaha, bakit naman!? Anu-ano ba ang ginawa niya sa'yo?" natatawa kunwaring tanong niya.

"Masyadong marami, hindi kakasya sa utak mo." natatawa pang sabi ko.

"Oh?? Sshkk, ibig sabihin ganun talaga karami? Lokong yun. Ang totoo, alam kong ganon talaga ang ugali niya---I mean.. na tripper siya. Actually, that's one of his sister's problems when it comes to him. He's a tripper." nakangiti pang sabi niya habang binabalatan ang isang ponkan. **"Ang sabi ni Dein, nung maliit daw kasi si Deib ay madalas siyang i-bully ng mga classmates and schoolmates niya kaya maaaring yun ang naging dahilan kung bakit niya ginagawa yan ngayon."**

Akalain mo nga naman kamalas malasan nga namang sa'min niya pa naibalik yung mga hindi kanais nais na kaganapan sa nakaraan niya. Tsk tsk, napaka-immature.

"Hindi nga lang daw talaga ni mapagalitan ng todo noon si Deib kasi, he was sick before." dagdag niya pa.

Ahh, nabanggit nga pala sa'kin yun ni Aenna.

"Hindi daw kasi nila pwedeng galitin masyado si Deib, dahil kapag kinokontra nila siya at pinagsasabihan, nagagalit siya at umiiyak ng todo. Kapag nangyayari daw ang ganon, nahihirapan siyang huminga at parang naninikip ang dibdib niya. Actually, according to Dein, she took up Medicine because one her goals is to cure her own little brother. Nakakatawa lang na ngayong malaki na si Deib ay halos isumpa niya na katigasan ng ulo hahahaha." mahabang kwento niya pa. **"Puro kalokohan ang naririnig nya tungkol kay Deib---away dito, gulo doon. Puro kalokohan. Well hindi naman siya bumabagsak sa mga subjects niya pero, sa Science siya mahina sabi ni Deib."**

Kung hindi ako nagkakamali ay okay naman siya sa Biology niya?? Nabanggit niya rin sa'king mahina siya sa siyensya pero mukhang hindi naman. Tss. Baka guni guni nya lang yun!

"Si Chairman Enrile kasi, ang gusto niya ay mag-Medicine sila, silang magkapatid. Meaning pati si Deib gusto niyang mag-Med. E kung ako ang tatanongin mo bilang lalaki, nakikita ko kay Deib na hindi niya gusto ang Medicine. Well, hindi naman ako sigurado pero kasi hindi ko talaga siya kinakikitaan ng kahit anong paraan na nagsasabing gusto nya ng Medicine, alam mo yun? I know its weird pero, yun talaga ang napapansin ko hahaha!"

"Bakit mo naman nasabi kung ganon?"

"Hmmm, bakit nga ba? Ewan ko, nararamdaman ko lang."

Hanep sa lakas ng pakiramdam ah?!

"E ikaw?"

"Anong ako?"

"Anong naramdaman mo matapos gawin sa'yo ni Deib yung mga kalokohang ganon?"

Akala ko, anong gusto kong kurso sa kolehiyo.

Hindi ko agad siya sinagot at pinakiramdaman ko muna ang sarili ko.

Kung pwede ko lang sana siyang burahin sa mundo nung mga oras na yun sa pamamagitan ng isang pitik, tsk tsk tsk.

"Ano nga bang naramdaman ko? Tss syempre nainis ako, nagalit, nabadtrip, naasar. Sabagay, sino ba namang matutuwa di ba? Baliw na lang yung taong matutuwa at magdidiwang matapos ganunin ng isang old student." salubong ang kilay na sagot ko.

"Hahaha. I don't think so, siguro ikaw naiisip mong walang matutuwa at magdidiwang kung pagtripan sila ni Deib. Naiisip mo siguro yan dahil new student or dahil transferee ka, pero yung mga old students tulad niya? Hahahaha malamang mas gugustuhin pa nilang gawin ni Deib sa kanila yung ginawa nila sa'yo para lang mapansin sila ni Deib, napakaraming nagkakagusto don! Kahit nga sa SIS ang daming may gusto sa kanya na high school, hehe."

Sabagay may point siya. Sa dami ng nagpapakabaliw na mapansin niya, hindi na ako magtataka kung may isa dong magpakatangang magpatrip sa kanya makuha lang ang atensyon niya.

"Ang balita ko nun ay ginagantihan mo si Deib? Totoo ba yun?? Hahahaha."

Anong nakakatawa dun!?

"Oo." mahinang sagot ko. **"Kung kaya nyang mangtrip, kaya ko ring mangtrip."**

"Edi nakakita pala siya ng katapat sa pamamagitan mo? Nice nice haha!"

"Siguro."

"Pero okay naman na kayo di ba?" biglang tanong nya at napaisip naman ako.

"Mmm siguro, hindi niya na ako pinagtritripan e, nakakausap ko na rin siya ng ayos."

"Mukha nga hehehehe."

"Bakit?"

"Kasi kanina tinanong ka pa nya kung bakit aalis ka e may laro pa daw siya. Hahahaha!"

Tss bakit nga ba nasabi niya yun!?

Muli ko na namang naalala kung ano yung sinabi ni Sensui.

Weird.

"Ewan ko, baka kailangan niya ng cheerer." natatawa kunwaring sagot ko.

"Sa dami ng cheerers niya? I don't think so, haha."

Oh e anong gusto mong sabihin!?

Hindi ko na siya sinagot.

"I was actually wondering instead of asking you, why didn't he asked Kim to watch? I didn't notice her, si Kim. Wala siya don kanina di ba?"

Nasaan nga ba yung baliw na yun!?

Umiling ako.

"Hindi ko rin siya nakita." mahinang sagot ko at saka kumuha nung chocolate cake. **"Ano 'to?"**

"Ladurée cupcake yan." nakangiting sagot niya. **"it's from London."**

Muntik pa akong masamid sa pagkakasubo ko.

"L-London!?" takang tanong ko.

"Mmm hahahaha! Bakit!?"

"Galing pa ng London 'to!?"

"Oo, hahaha."

WTF?

"They are totally gorgeous aren't they?" nakangiti pang tanong niya habang nakatingin sa mga cupcakes na iba't ibang kulay. Saka ko muling tinignan ang iba pang cupcakes na nasa harap ko, may sarisarili silang cup at malayo palang mukha na talagang masarap. Perfect ang lasa ng cream on top kapag sabay mong nginuya ang pinakacake.

"A-At masarap." usal ko.

"I know. I was also amazed by its taste when the first time I ate one. Hahahaha! Good thing that one of my cousins went home from London, si Edison."

"This must be very expensive I guess." sabi ko na ninanamnam pa muli ang lasa.

"Yes, they really were £6 each."

Whaaaattt???

"Yeah, almost 400 pesos hahaha. Why?"

"N-Nakakabusog."

"Hahaha!"

"Bakit ka pa bumili ng ganito kamahal na tinapay?!"

"Hahahaha. I dunno, when I heard that Edison's coming back from London, I suddenly thought of Ladurée cupcakes. Hahaha! Since it was already planned in my mind that I'm going to ask you out to come here, naisip kong ipatikim yan sa'yo." nakangiting sabi niya. **"I know that you're not into too much sweets pero naisip kong, you won't regret tasting it. Para sa'yo talaga yan. Masarap naman di ba?"**

"Tss."

"Hahaha bakit? Nasa lasa naman ang presyo niya di ba!?"

"Nakakagulat lang."

"Hahahaha ang alin?"

Na kailangan mo pa akong gastusan para sa ganitong klaseng tinapay.

"Masyado lang. Kumakain naman ako kahit na anong klaseng tinapay."

"Hahahaha hindi naman kasi yan basta basta'ng tinapay, cupcake yan."

"Tss, natatakot lang akong baka singilin mo ko kapag naubos ko 'to, hahaha.." biro ko pa.

"Hahahaha I won't do that don't worry, but you have to promise me na uubusin mo yan."

"Seryoso?!"

"Oo naman hahaha! Binili ko yan para sa'yo kaya ubusin mo yan! Hahahaha!"

"H-Hindi ko yata kayang ubusin 'to hehe, busog rin ako e."

"Edi iuwi mo yung iba, ihahatid naman kita e."

"S-Sige."

"Para matikman na rin ni Zarnaih."

"O-Okay."

"Kumusta nga pala ang laban niya?"

"Ayun, talo."

"Oh?? Tsk tsk. Matinik talaga si Sam noh?"

"Mmm, hambog pa."

"Hahahaha, hindi naman na bago yun!" natatawang sagot niya at saka sumubo ng prutas. Napatingin naman ako sa kanya.

"Ikaw?"

"Mmm, anong ako?" tanong niya habang ngumunguya.

"N-Naglalaro ka pa?"

"Nang billiards?"

"Mmm."

"Oo naman hehe, alam mo namang yun lang ang paraan ko para makapagrelax."

"Tss nakakapagod rin ng isip ang bilyar. Paano ka nakakapagrelax nun!?"

"Hahahaha paano nga ba!?" nag-iisip pa kunwaring tanong niya. **"E kapag naglalaro naman kasi ako ay mag-isa lang ako, wala akong kalaban. Tamang practice lang ganon, kaya hindi ko na kailangang mag-isip hahahaha."**

Hindi ko na siya sinagot, nagpatuloy na lang ako sa pagkain.

"Here." sabi niya sabay abot sa'kin ng isang drink.

"Tss, gano naman kamahal ang isang 'to?" sarkastiko kunwaring tanong ko.

"Hahahahaha!" natawa naman agad siya**. "It's Fruit juice by Alain Milliat. This one's Morello Cherry Juice and that one's Chardonnay White Grape Juice, both came from France---"**

"What!?"

"Hahaha dala rin ni Edison."

"Malamang mahal na naman 'to!?"

"I don't know hahahahaha! I didn't asked him to buy those, binili niya talaga yan for you."

"Para sa'kin!?"

"Mmm, remember Ed!?"

"Ahh yeah, of course. "

"Hahahaha siya ang parating nag-aadvice sa'tin kung saan magandang mag-date---"

"Yeah. I remember him."

"Ayun." nakangiting usal niya habang nakatingin sa mga mata ko. Nung magtama ang mga mata namin ay agad ko namang iniiwas yun at nagpanggap na lang na nakatingin sa bote at binabasa ang kung anu-ano mang letrang nandon kahit hindi ko naman talaga mabasa.

"Actually marami yan. Nasa kotse yung iba."

"H-Ha?"

"Mmm, marami yan sabi ko. Nasa kotse pa yung iba, dalin mo nalang pauwi."

"H-Hindi ko naman mauubos lahat yun---"

"Hahahah hindi naman kailangang ubusin mo agad. Bigyan mo si Naih syempre, sila Maxwell."

"S-Sabagay, baka iilang bote lang naman ya---"

"15 bottles I guess?"

"Fiftee---Ha?! Paano ko maiuuwi yun!?" gulat na tanong ko.

"Hahahahaha fifteen bottles---juice pa lang yun. May nectars pa, para sa'yo rin daw yun."

"H-Hindi ko naman kailangan ng ganon karami e!?"

"Oo nga pero syempre, pasalubong ni Ed sa'yo yun, magtatampo yun kapag nakita nyang iniuwi ko pa yun."

"Bakit naman?"

"Syempre, pasalubong niya nga kasi yan sa'yo, hehehehe."

"A-Ang dami naman."

"At mas magtatampo siya kung hindi mo iuuwi ang mga yun." tatangu-tango pang dagdag niya.

"Paano ko naman kasi maiuuwi yung ganon karaming bote?! At saka hindi naman yata kakasya sa ref namin ni Naih yun, nakamotor pa naman ako." mahinang usal ko.

"Hahahaha edi kung gusto mo ihahatid ko na lang muna sa bahay ny---"

"H-Hindi na, nandon naman si Maxwell."

"Sure ka?"

"O-Oo naman, may dala naman siyang sasakyan."

"S-Sige." sabi niya at tinanguan ko naman siya. **"Oh eto, uminom ka muna."** nakangiting abot niya sa'kin ng isang baso at agad ko namang tinungga yun. **"How was it?"**

"Masarap."

"Hahaha."

Anong nakakatawa?!

"Sabi ni Ed sigurado daw siyang magugustuhan mo yan kaya binili niya lahat ng klase. Actually regalo naman ng asawa niya yung mga Nectars sa'yo---"

"Bakit daw?!"

"A-Anong bakit daw?" gulat na tanong niya.

"I mean nakakapagtaka lang na, binigyan niyo pa ako ng ganito--- para saan ba 'tong mga 'to!?"

"Hey, wag ka namang magalit. Regalo lang ang mga yan okay?" seryosong sagot niya.

"O-Oo nga pero para san?! I mean, hindi ko naman birthday, wala rin namang special occassion. Okay lang sana kung isa o dalawang bote pero yung kinse?! Tapos may nectar pa kamo!? Tss."

"Hahaha ang init naman agad ng ulo mo? Para juice lang e."

Tss, bakit nga ba nainis ako bigla!?

Nakakapagtaka lang kasi talagang binigyan pa nila ako ng ganitong regalo?!

REGALO!?

Para saan ba ang regalo!?

Para sa'kin kasi ay binibigay lang ang regalo kapag may okasyon! Wala namang espesyal sa araw na 'to maliban na lang talaga kay Tito! E bakit ako ang may regalo!?

"Hahahaha! Come on Maxpein, hindi ba pwedeng thank you na lang ang marinig kong sasabihin mo?" natatawa talagang tanong niya.

"S-Sige, pakisabi na lang salamat."

"Yun! Hahaha! Nakakagulat ka e."

Hindi na ako nakasagot pang muli sa kanya at nagpatuloy na lang ako sa pag-inom nung mga yun.

"May Jam and Marmalade rin, b-baka magalit ka?" pigil ang tawang tanong noya.

"W-What!?" gulat na namang tanong ko.

"Hahahaha. Look. Mharz and Ed are going to stay here for good, they'll open up a restaurant business para naman on-going rin daw ang kabuhayan nila hahaha. Meaning, hindi na magiging ganun kadali para matikman mo ang mga yan kaya binilan ka na nila ng marami---"

"Oo nga naiintindihan ko naman yun---pero bakit? Bakit ako?"

"Anong bakit ikaw? Hahaha. Si Mharz at Ed yun! Sa lahat ng naging girlfriends ko, alam mo namang ikaw ang pinakagusto nilang lahat! Maliban na lang talaga sa Mommy ko." nakangiti munit parang nalungkot ang mga matang usal niya. Hindi naman ako nakasagot. **"Just accept it okay? Haha, hindi ka naman mapapasama kung iinumin at kakainin mong lahat yan."**

Sina Mharz at Ed ay mag-asawa na nung makilala ko sila.

Totoo ang sinabi ni Randall dahil paborito nga naman nila ako.

Bakit nga ba nagtataka pa ako kung bakit ganito karami ang ibinigay nila!? Tss, e dati naman nang ganito karami kung magbigay ng pasalubong sa'kin ang mga yun!

Naaalala ko pang minsan ay pinasalubungan nila ako ng dose pirasong sapatos.

Tss, iba na talaga ang bigtme!

Hindi ko na kinontra pa si Randall at muli nalang akong nagpatuloy sa pagkain at pag-inom, nag-eenjoy rin naman ako dahil masyado silang masarap para mapansin ko pa kung gaano na karami ang nakakain at naiinom ko.

Hanggang sa maya maya..

"Okay lang ba kung tanungin kita?" biglang tanong niya at agad naman akong napatingin sa kanya. Nakangiti siya munit halatang pilit ang ngiting yun para maitago ang seryosong mukha niya.

"T-Tungkol saan?"

"Galit ka pa ba sa'kin?"

Hindi ko agad siya sinagot at pinakiramdaman ko muna ang sarili ko.

Hindi naman ako galit pero hindi ko alam kung totally wala na akong nararamdaman sa kanya.

Bumuntong-hininga naman ako bago magsalita.

"Hindi naman na." sagot ko.

"T-Talaga?"

"Mmm."

"Salamat." nakangiting sagot niya.

"Saan?" tanong ko.

"Na hindi ka na galit."

"Tss."

"P-Pero bakit??"

"Anong bakit?"

"Bakit napatawad mo'ko? I mean please don't get me wrong pero, kung ako yata ang nasa posisyon mo--h-hindi ko mapapatawad yung taong gagawa nun sa'kin." malungkot na sabi niya.

"Mahirap. Masakit. Lalo na kapag yung taong sobrang pinahahalagahan mo ay bigla kang iiwan ng walang dahilan. Pero naniniwala rin kasi akong kung paanong wala kang maibigan na dahilan kung bakit ka nagmahal, posible ring mawala ang pagmamahal na yun ng walang dahilan. Inisip ko na lang na, may dahilan ka kaya mo nagawa yun. Hindi ko lang talaga inaasahan yung biglang sumugod ka sa'kin tapos kung anu-anong pinagsasabi mo." natatawa pa kunwaring sagot ko.

"Buti nakaya mo?" tanong niya.

"Hmm. Kinaya ko, wala na rin naman kasi akong choice e."

"B-Buti hindi mo'ko ginantihan?"

"Tss. Bakit naman kita gagantihan?"

"K-Kasi syempre nasaktan kita."

"Pero naisip ko rin yan." napapangiti pang sagot ko habang nakatingin sa mga mata niya. **"Na sana nagawa rin kitang saktan tulad ng pananakit na ginawa mo sa'kin. Pero kasi, alam ko sa loob loob kong."** huminga ako ng malalim at saka tumingin sa ulap. **"kung nabigyan man ako ng pagkakataong saktan ka."** tumingin ako sa mga mata niya. **"Hindi ko rin naman kayang gawin, hindi kita kayang saktan."** malumanay na sagot ko at natigilan naman siya..

Saglit pa kaming nagkatitigan at saka ako kusang umiwas ng tingin sa kanya.

"O-Okay na okay ka na ba?" parang naiilang na tanong niya.

"Paanong okay na okay?" taka kunwaring tanong ko.

"Ibig kong sabihin, nakamove on ka na?"

Bumilis bigla ang tibok ng puso ko at mabilis kong naiiwas sa kanya ang paningin ko.

Hindi ko alam kung pano ko sasagutin ang ganon kaderetsong tanong.

Hindi ako handa sa ganito at mas lalong hindi ko inaasahang mangyayari 'to.

Mabilis kong iniiwas sa kanya ang paningin ko at pigil ang hiningang pilit na ngumiti kunwari sa kanya.

"Ahh haha." napapahiyang usal ko. **"Oo naman."**

"N-Nakamove on ka na?"

Wag paulit ulit please.

"O-Of course." sagot ko.

"T-That's good!" nakangiting sagot naman niya. **"At least ngayon, masasabi na nating pwede tayong maging friends di ba?"**

"O-Oo naman." tatangu-tangong sabi ko at saka nagtama ang paningin namin.

Sana nga Randall, sana nga kayang kaya na kitang maging kaibigan.

RANDALL'S POV

"T-That's good! A-At least ngayon, masasabi na nating pwede tayong maging friends di ba?" nauutal na tanong ko.

Ano bang sinasabi ko!?

"O-Oo naman." tatangu-tangong sagot niya at saka nagtama ang paningin namin.

I don't know if I'm reading her actions correctly.

I don't wanna assume pero nakita kong nalungkot siya matapos kong sambitin ang huling linyang yun.

There's something inside me that tells me that you don't want us to be just friends. Why can't you speak up for yourself Pein?

Nakaramdam ako ng lungkot dahil sa naisip ko.

Katahimikan ang namagitan samin dahilan para basagin ko iyon.

"Let's go?" yaya ko sa kanya. **"Hindi ka nagpaalam sa ibang friends mo, baka hinahanap ka na nila."**

"Mmm sige."

Inalalayan ko siya sa pagtayo ko at sabay kaming humarap kay Daddy.

"Ahh Dad, aalis na muna kami. Interhigh kasi nila Pein at hindi siya sigurado kung kailan iaannouce ulit ang game niya. Siya nga pala, nanalo siya kanina laban sa school namin. Its between my school and her school, but I'm happy that she won. Hahaha! Anyway, babalik na

lang ako ulit dito para dalawin ka, si Pein.. h-hindi ako sigurado kung makakabalik pa sy---"

"Sigurado akong babalik ako dito Tito." singit ni Pein. Nagulat ako munit napangiti ako nung makarecover ay napangiti agad ako sa kanya.

"Ayun! Babalik daw siya Dad."

"Basta ba marami ulit pagkain e."

"Hahaha! Oo ba! Kahit araw-araw kitang dalhan ng pagkain, okay lang." wala sa sarilig naisagot ko.

"Eh?" takang usal niya.

"A-Ahh haha. Wala."

Ano bang sinasabi mo Randall!?

"Paano Dad? Aalis na muna kami, don't worry dahil mas magtatagal k-kami sa susunod na dalaw namin." dagdag ko pa at saka tumingin kay Pein**. "Let's go?"**

"Mmm." tango niya sa'kin. **"Sibat na muna kami Tito. See you again next time."** nakangiting sambit niya at saka sumenyas sa'kin at sabay kaming tumalikod kay Dad.

Pinanood ko siya habang nauuna siyang maglakad sa'kin.

Hindi ko maintindihan ang kakaibang tibok ng puso ko.

Ang pakiramdam ko ay bumalik kami sa dating panahon kung saan pareho kaming masaya at hindi pinapansin ang problema.

Nakaramdam ako ng matinding lungkot sa puso ko.

Why do you have to make me feel this way?

Napapalunok akong sumabay ng lakad sa kanya, baka sakaling mawala ang mga bagay na tumatakbo sa isip ko.

Pinagbuksan ko siya ng pinto nung makarating kami sa kotse at agad naman siyang sumakay.

Nginitian ko pa muna sya bago ko tuluyang buksan ang makina.

"Sana nga, magkaron ka pa ng time para maulit natin 'to." mahinang usal ko.

"Mmm, pwede." nakangiting sagot niya at nakaramdam naman ako ng matinding tuwa.

Kahit araw-araw, hindi ako magsasawang gawin 'to..

"Pero sa susunod mas maganda kung may kasama na tayo." nakangiti'ng dagdag niya dahilan para mapatingin ako sa kanya. Pilit ang ngiting iginanti ko pa muna sa kanya.

"B-Bakit naman? Hahaha."

"Kasi hindi lahat ng tao kasing tino nating mag-isip. Para sa'tin, simpleng bonding lang 'to para mabisita ang Daddy mo. Pero sa mata ng ibang tao, date ng matatawag 'to." nakangiting sabi niya. **"Ayoko lang talagang may masabi ang ibang tao kaya hanggang nakakapag-isip pa tayo ng tama, tayo na lang ang umiwas."** nakangiting dagdag niya at ramdam ko naman ang sinseridad niya sa sinabi niya.

"Hahaha I get your point pero hahaha! Bukod sa'ting dalawa. sino naman sa tingin mo ang pwede nating isama? I mean kung isasama ko si Dein, hindi ba magiging awkward yun? Hahaha! Since siya lang rin naman ang pwede kong isama dahil siya lang ang madalas kong kasama---"

"Si Maxwell."

Bahagya akong nagulat sa sinabi niya pero agad rin naman akong nakarecover. Bumuntong-hininga pa ako ng malakas at saka ngumiti sa kanya at binuksan ang makina.

Hindi ko na siya sinagot at hindi na rin kami nagkausap hanggang sa makarating kami muli sa SIS.

"So paano 'tong mga drinks mo?" nakangiting tanong ko sa kanya. Hindi niya agad ako sinagot at nanatili siyang nakatingin sa gate. **"Pein??"** tawag ko sa kanya pero hindi pa rin siya sumagot. **"Hey Pein?"** kaya naman tumingin na ako sa tinitignan niya. **"Who are they?"** tanong ko. **"Pein?"** paglalakas ko sa tawag ko sa kanya at natinag siya.

"H-Ha?"

"I was calling you three times---"

"I'm s-sorry."

Weird..

"Who are they?"

"Ha??"

"Yung mga taong yun, sino sila?" tanong ko habang nakaturo dun sa grupo ng kalalakihan na parang nag-aabang sa labas ng gate ng SIS.

"Pwede mo bang tawagan si Naih?"

"Okay ka lang ba?" biglang tanong ko.

Hindi niya sinagot ang tanong ko at nawiwirduhan ako sa iniaasta niya.

Tumingin ako muli dun sa grupo ng kalalakihan na nasa labas ng gate bago ako muling tumingin sa kanya.

"S-Sige." sabi ko na lang at inilabas ang cellphone ko saka idinial ang number ni Naih. Maya maya pa ay sinagot na niya.

"Hello?" si Naih.

"Kakausapin ka daw ni Pein---"

"Magkasama kayo?!" malakas na tanong niya dahilan para mailayo ko pa ng bahagya ang cellphone sa tenga ko.

"Y-Yeah."

"Anak ng, sige! Kausapin ko nga!"

At iniabot ko kay Pein ang cellphone.

Tinignan ko siyang makipag-usap kay Naih at halatang sinisigawan siya ni Naih dahil tulad ko ay nailalayo niya rin ang ellphone sa tenga at medyo sumisimangot pa siya.

"Tss.. pwede bang manahimik ka muna?" seryosong tanong ni Pein sa kanya**. "Kasama mo ba si Maxwell?"** tanong niya. **"I see. pwede mo ba siyang tawagan? Pakisabing magkita kami dito sa labas ng SIS in less than 2 minutes."**

Si Naih talaga, kahit kailan.

"Oo dahil ayokong maghintay! Sabihin mo na sa kanya dahil kung dadaldal ka pa dyan e lalo lang siyang matatagalan! Marami akong pasalubong sa'yo kaya kumilos ka na!" malakas na sigaw niya at bahagya pa akong natawa. **"Tss, bilisan mo. Sige!"** sigaw niya pa ulit at saka ibinaba at iniabot pabalik sa'kin ang cellphone ko.

"Haha bakit nagsisigawan kayo?" tanong ko.

"Tss, sigaw siya ng sigaw e. Kanina niya pa daw ako hinahanap."

"Ahh, so hindi nabanggit sa kanya nila Deib na magkasama tayo at niyaya kita?"

"Maybe." maikling sagot niya. Tumango tango naman ako at saka umastang bababa pero **"Dyan ka lang."**

Nagulat ako sa pagpigil niya sa'kin.

"Ha?" takang tanong ko.

"Wag kang bababa, dyan ka lang." seryosong sabi niya pa.

"Bakit? Ibababa ko lang yung mga gamit mo---"

"Dyan ka lang."

"Pero---"

"Bababa tayo after 2 minutes." seryosong sabi niya muli.

Hindi ko maintindihan kung bakit parang biglang sumeryoso. At ang mas nakakapagpawirdo pa ron ay hindi niya inaalis ang paningin niya sa grupo ng mga lalaking yun.

Sino ba yang mga yan!? Bakit ganyan na lang ang tingin nya sa kanila?!

Don ko sinimulang pagmasdan ang kabuuan nung mga kalalakihang yun.

Mga mukhang gangsters.

Hindi kaya natatakot siya sa kanila? Kaya hindi siya makababa?

Napatingin ulit ako kay Pein pero mukha naman siyang kalmado. Magkakrus ang dalawang kamay niya at parang walang ganang nakasandal sa passenger's seat habang nakatingin sa kanila.

Pero bakit ganyan na lang siya tumingin sa kanila? At saka bakit kailangang mamaya pa kami bumaba kung pwede namang ngayon na?!

Ang weird!

Maya maya ay napansin ko ang pagiging balisa ni Pein..

"Pein." tawag ko sa kanya at lumingon naman siya sa'kin. **"Are you okay??"** nag-aalalang tanong ko at tumango naman agad siya at bahagya pang ngumiti. Hindi ko naman yun pinansin at muli akong tumingin sa kalsada habang pasulyap sulyap pa rin kay Pein pero..

"Pein are you okay?" nag-aalala na talagang tanong ko. **"Pinagpapawisan ka."**

"I-I'm okay."

"Pero bakit parang balisa ka? M-May masakit ba sa'yo?" tanong ko dahil parang nakahawak siya sa tiyan niya at pinagpapawisan talaga siya ng matindi.

Ilang segundo pa ang lumipas at mabilis na pumapatak ang kaninang butil butil na pawis sa noo at leeg niya. Kaya mas lalo na akong nag-alala.

"Pein. I'll take you to the hospital. Hold on, okay?" nag-aalalang sabi ko at tumango naman agad siya.

DEIB'S POV

Natapos ang laban namin sa pagitan ng Colico School International at panalo kami.

Pero wala akong maramdamang saya.

Mula pa kanina hanggang sa ngayon ay hindi nawawala sa isip ko si Taguro.

Nakakainis! Bakit pa kasi kailangang sumama pa siya kay Randall? Wala ba talaga siyang kadala dala?

Wag ka ngang assuming Deib! Kung sumama man siya kay Randall ay labas ka na dun! Baka nakakalimutan mong ikaw lang ang may gusto sa kanya at wala siyang gusto sa'yo? Wala kayong relasyon kaya wala kang karapatang pigilan siya sa mga bagay na gusto nyang gawin!

"Tsk, badtrip." mahinang usal ko.

Nakakainis dahil alam ko sa sarili kong wala akong magagawa. Wala akong karapatang pigilan siyang sumama Randall.

Tsk hindi niya tuloy ako napanood. Hays.

Hinila ko ang towel ko sa mula sa sandalan ng bench ko at unti-unting pinunasan ang pawis ko.

Tch! Sabagay, halata namang wala siyang pakialam sa'kin e! Kaya nga sumama siya kay Randall di ba?! At saka, siya na rin ang nagsabi makakapaglaro naman daw ako kahit wala siya!

Salubong ang kilay kong tinitigan ang lugar kung saan siya nakatayo kanina bago niya ako iwanan.

Makakapaglaro nga ako ng wala ka pero iba pa rin kapag nandyan ka! Hindi mo ba makuha yun ha! Engot!

Panay pa rin ang hiyawan at malakas na papuri ng mga taong nasa paligid ko pero parang diko sila naririnig. Masyadong sarado ang utak ko kaiisip kay Taguro na ultimong ang mga sinasabi ni Coach ay diko mapakinggan.

Nakakainis! Badtrip talaga! Kung kailan naman siguradong sigurado ko na saka ka naman inilalayo ng tadhana sa'kin! Karma ko na nga ba 'to ha?? Eto na ba yun? Kasi kung eto na yun, nagseselos nako at ayoko na!

Alam kong nagseselos ako.

Sigurado akong nagseselos ako.

Dahil kahit na anong isipin ko, nababadtrip talaga ako. Parang gusto kong tumakbo at hanapin sila ng hanapin. Hindi ako mapakali dahil wala siya sa paningin ko. At walang humpay ang isip ko kaiimagine kung anong ginagawa nila ngayon at kung anong oras ko ulit siya makikita.

Inis akong napatingin sa cellphone ko at eksaktong 5:00pm na.

Nakakainis, bakit kasi kailangan mo pang sumama sa kanya e! Yayayain pa naman sana kitang magmerienda. Hays.

Unti-unting nag-alisan ang mga tao at pakiramdam ko ay hindi na ako makagalaw.

Parang nawalan nako ng ganang maglaro.

Pakiramdam ko ay sobrang pagod na ng katawan ko at wala nakong lakas para kumilos pa.

Hindi na ako nasisiyahan sa paligid ko at parang mas gusto ko nalang ang umuwi at mag-isip magdamag.

Ayoko na yatang maglaro bukas, hanggang sa mga susunod na araw pa.

Iisipin ko palang na magkasama kayo at masaya ka, parang mababaliw na'ko Taguro.

Bumalik ka na kasi dito.

Gulat akong napatingin sa kaliwa ko.

Tch! Eto na naman 'to

"Anong nangyari dyan sa mukha mo?! Daig mo pa natalo! Hahahaha!" mahinang sigaw sa'kin ni Tob at hindi ko siya sinagot o tinignan man lang. Nanatili akong nakatingin sa kawalan habang nag-iisip. **"Nauna na sila, tara na."** yaya niya pero hindi ako kumibo. **"Hoy Deib! Baka naghihintay dun si Lee ano ba?!"**

"Anak ng, mauna ka na kung gusto mo! Nag-iisip pa ko!" inis na sigaw ko sa kanya at napaatras pa siya sa gulat.

"Mauna kana, wala ako sa mood gusto kong mapag-isa---"

"Baka mabaliw ka dre, wag ganun. Hehehehe!" biro pa niya.

"Please Tob. I want to be alone, seriously." seryoso talagang sagot ko.

"Aish tsk tsk tsk, yan na nga ba sinasabi ko e. King ina ka di ka pala sigurado ah? Yang lagay mong yan? Pucha dre ngayon mo sabihin sa'king hindi ka sigurado!"

Nakanguso akong tumingin sa kanya at pinandilatan nya naman ako ng dalawang mata.

"Yang mga ganyang pangitain dre. Delikado yan." seryosong dagdag niya. **"Hindi ko sinabing pigilan mo ang nararamdaman mo pero wag ka namang magbigay todo. Pucha! Parang kanina lang---inaasar pa kitang sa huli ay iiyak ka tapos ngayon, tsk tsk."**

"Tch! Wag ka ngang O.A.!" inis na sigaw ko sa kanya. **"Nababadtrip lang ako dahil alam kong magkasama sila ni Randall! Bukod dun wala na!"**

"Oh e ano naman kung magkasama sila ha!? Ha?? Ano naman ha?"

"Anong ano naman!? Engot ka ba?! Alam mo namang mag-ex yun e!"

"Mas engot ka! Alam mo na ngang mag-ex nagkakaganyan ka pa! Sus, tsk tsk tsk. Delikado ka dre, yung mga tipo mo ay yung mga nagpapakamatay pag iniwan hahaha!"

"Hindi ako ganun ulul!" mayabang na sabi ko sa kanya.

"Hahahaha kaya pala?! Itsura mo palang ngayon dre mukhang kritikal na, tsk tsk."

"Aish! Manahimik ka nga?!"

"Don't tell me dre, nagseselos ka?"

"H-Hindi ahh."

"Sus! E ano? Nagseselos lang? Hahahaha!"

Kahit kailan 'tong bwisit na 'to lakas ng pang-amoy!

Hindi ko siya sinagot. Nakanguso akong tumingin ulit sa kawalan.

"Alam mo dre wala namang nagsabing hindi ka pwedeng magselos pero, mag-isip ka rin naman." biglang seryosong sabi niya at natigilan naman ako.

"N-Nag-iisip naman ako e."

"Psh! Kaya pala!? Kung nag-iisip ka bakit nagkakaganyan ka?!"

"H-Hindi ko mapigilan e."

"Mahirap talagang pigilan yan. Wala namang nagsasabi sa'yong pigilan mo. Pero sana mag-isip ka rin. Ikaw na nga ang nagsabing ex nila ang isa't isa. At saka dre, boyfriend parin ng kapatid mo yun! Sila ng Ate mo ang may relasyon kaya yun ang ilagay mo sa isip mo."

Oo nga no?

"Wag kang tanga dre."

"P-Peste ka ah!" inis na sigaw ko sa kanya.

"Easy!" pigil ang tawa'ng sigaw niya. **"Honesty is the best policy tulig!"**

"Tch! Wala kang kwenta!"

"O sige, seryoso na hehehe." natatawa pang sabi niya at saka inayos ang mukha niya. **"Sa tingin ko kasi dre, hindi si Max yung tipo ng taong maloloko mo ng paulit-ulit. Alam mo yun?! Sa nakikita ko ay hindi siya yung tipo ng taong magpapakatanga ng paulit-ulit. At sa tingin ko, mas lalong hindi siya yung yung uri ng babaeng bibigay ng ganon kadali. Dre si Max yun! Si Taguro, si Maxpein, si Max yun, okay?! Yung kaisa-isang babaeng ginawang posible ang lahat ng imposible sa'yo! Psh!"**

"T-Talaga?" utal na tanong ko. Pakiramdam ko ay nakakuha ako ng lakas ng loob kay Tob.

"Oo naman! Psh! Hindi porket sumama siya kay Randall e magiging sila na ulit!" siguradong sagot niya pa at napangiti naman ako. **"Unless."**

"U-Unless ano?"

"Unless hindi nagbago yung nararamdaman niya para kay Randall."

"B-Badtrip ka naman e!" inis na sigaw ko sa kanya. **"Akala ko pa naman seryoso ka sa sinabi mo kanina!"**

"Psh! Seryoso ako sa mga sinasabi ko at nagpapakatotoo lang ako! Syempre ayoko rin namang bumuo ng kung anu-anong pag-asa dyan sa isip mo dahil baka sa huli ako ang sisihin mo!!" seryosong sigaw niya sa'kin. **"Look dre, lahat ng sinabi ko ay posibleng mangyari okay? Pero hindi ko sinabing ganon ang mangyayari!"**

"Tsk nakakainis ka naman kasi e! Nakukumbinsi ko na nga ako e!"

"I'm just being honest okay."

Hindi ko siya sinagot at malakas akong napabuntong-hininga at inis na tumingin na naman sa kawalan.

"Si Lee, kailan mo balak sabihin sa kanya?" biglang tanong niya at natigilan naman ako.

"W-Wala akong balak sabihin sa kanya." napapatungong sagot ko.

"Ha?! Bakit?!"

"Tch, anong bakit!? Masama bang hindi ko sabihin sa kanya?!"

"Psh! So anong gagawin mo? Ililihim mo!?"

"Hangga't maitatago ko..Oo."

"Psh! Hindi manhid yun at mas lalong hindi yun bulag. Kung ako nga ay naramdaman ko agad, yun pa kaya?"

"E b-bakit ba kasi kailangan ko pang sabihin sa kanya?!"

"Aba malamang tuleg! Bestfriend rin natin yun! Tinatanong pa ba naman yan?!"

"E n-nag-aalala kasi ako."

"Saan naman?"

"Tch! Hindi ba't may gusto rin si Lee kay Taguro? Tapos sasabihin ko pa sa kanya yung sikreto ko? Awkward yun dre."

"Psh! Sigurado ka bang may gusto nga siya kay Taguro?" nanlalaki ang mga matang tanong niya at natigilan naman ako.

"H-Hindi ba't ilang beses niyang sinabing gusto niya si Taguro? Tch! E halos siya na nga ang tumayong Superman ni Taguro sa sobrang kabayanihan niya e!" inis na sabi ko.

"Hahahaha pero hindi ka pa rin nakakasigurong may gusto nga siya kay Taguro."

d

"E-Eh tinatanong pa ba naman yun? Hindi ba't halata naman?!"

"Hahahaha sa'yo, pero para sa'kin walang ganon! Wala akong nahahalata kay Lee na ganon!"

"A-Anong ibig mong sabihin?"

"Dre hindi kasing hina mo si Lee, kung gusto ni Lee si Taguro edi matagal ng binakuran ni Lee yun?! Wag ka ngang engot!"

"K-Kung ganon para san pa yung mga pa-I like her--I like her niya?! Yung mga pagliligtas niya kay Taguro twing pagtritripan ko siya?! Ha?! Ano yun?! Trip lang!? Tch!"

"Hahahaha e alam mo namang ganon ang ugali nung kaibigan nating yun! Ayaw na ayaw nyang may pinagtritripan ka dahil siya ang naaawa sa nga napagtritripan mo. Hindi ba't wala ka namang pinagtripan na hindi nun tinulungan!? Rebulto na nga lang ng kulang e bayani na talagang maituturing ang kaibigan nating yun!"

Abnoy talaga!

"And besides, hindi porket sinabi niyang gusto niya si Taguro ay ibig sabihin may gusto na siya kay Taguro! Magkaiba yun timang!!"

"Magkaiba?! E bakit niya pa sinabi yun?!"

"Hahahaha aba e sa anong paraan niya pa ba masasabi kapag trip niya ang isang tao?! Sige nga!?"

"Tch! Pwede nya naman kasing sabihin sa ibang paraan!"

"Look. Liking someone doesn't always mean loving that person dre! Pwedeng gusto niya ang personality ni Taguro o gusto niyang maging kaibigan!"

"G-Ganon ba yun?!"

"Mmm posible."

"Anak ng, dika rin pala sigurado e!"

"Pero sigurado akong wala siyang gusto kay Max hehehe."

"Paano nga! Paano ka nga nakakasiguro!!"

"Dahil wala naman siyang binabanggit s'akin hehehe."

"B-Bakit?! Sasabihin niya ba agad sa'yo yun kung may gusto man siya kay Taguro?!"

"Oo! Hahaha!"

"H-Ha?! Bakit?! Paano mo nasabi?!"

"Ang tanga mo talaga ngayon dre, haha! Mas slow ka pa sa slow! Malamang! Bestfriend natin yun! At baka nakakalimutan mo!? Bestfriends na kami bago ka pa namin makilala---kaya sigurado akong kung may sikreto man yun ako ang sasabihan nyang una!" mabilis na sabi niya at hindi naman ako agad nakasagot. Napaisip pako sa sinabi niya.

Oo nga no?!

"Pero pwede ring hindi niya masabi sa'yo dahil baka tulad ko, hindi rin siya sigurado?"

"Hindi naman in denial yung tulad mo dre, hahahaha!"

"Tch!" naisagot ko na lang at saka muling natahimik. **"P-Pero ayoko paring sabihin, saka na siguro---"**

"Bakit na naman?!"

"E bakit nga kasi kailangan niya pang malaman!?"

"Dahil nga bestfriend natin siya!"

"Tch! Hindi ba pwedeng solohin ko na lang muna!?"

"Hindi rin ba pwedeng ishare mo na rin sa kanya!? Malay mo, mas marami pa siyang magagandang payo sa'yo di ba?!"

"Matapos nung nangyari sa'min ni Kim?! No way!" deretsong sagot ko at hindi naman agad siya nakasagot, nawala bigla ang mga ngiti sa mukha niya at saka napatingin pa muna sa paligid bago muling tumingin sa'kin.

"Wala namang kinalaman si Lee sa lahat ng kalokohan ni Kim dre."

"O-Oo nga pero kapag sinabi ko kay Lee, baka makarating kay Kim!"

"Oh e ano naman kung makarating sa kanya?! Psh!" tanong niya at hindi naman agad ako nakasagot. **"Sa tingin ko nga ay tama ka."**

"A-Anong tama ako?" takang tanong ko.

"Hindi ka pa nga sigurado sa nararamdaman mo kay Taguro." seryoso pa ring sagot niya.

"H-Ha?? S-Sigurado na nga ako dre e---"

"Kung sigurado ka na dre, hindi mo maiisip si Kim. I mean, not totally hindi mo na siya maiisip. Ibig kong sabihin, so what if she gets to know your feelings for Max? Di ba? Anong kinalaman niya sa nararamdaman mo kay Max? Wala naman di ba!?"

"E a-alam mo namang galit yun kay Taguro!"

"Ahh. So ayaw mong awayin ni Kim si Max ganon?" tanong niya at di naman agad ako nakasagot. **"Sshk, at sa tingin mo---si Max yung tipong aatras sa isang Kimeniah?! C'mon dre, nasa matinong pag-iisip ka pa ba?!"**

"H-Hindi mo kasi naiintindihan e. Look, ayoko lang masaktan si Kim."

"Wow ahh, haha!! Sa paraan ng pakikitungo mo kay Kim kanina?! Di'ko alam kung paano mo pang nasasabi yan."

"Hindi naman porket ginaganon ko si Kim ay wala nakong pakialam sa kanya! Oo, hindi ko na siya gusto pero hindi naman sapat na dahilan yun para di ko na irespeto yung nararamdaman niya. At kahit na ganon ang ginawa niya sa'kin, hindi naman dahilan yun para saktan ko rin siya."

"Bravo." nakangiting sabi niya habang pumapalakpak pa. **"Naglevel-up kana dre, magaling, magaling."**

"Tch!"

"Pero naiintindihan ko man ang point mo dre. Para sa'kin, mas tama pa ring malaman niyang may gusto ka ng iba."

"H-Ha?! Bakit pa?!"

"Para huminto na siya."

"S-Saan naman?!" takang tanong ko.

"Sshk. Hindi mo maitatangging bumabalik na si Kim sa'yo at kung ako nga ay napapansin na ang paghahabol niya pabalik sa'yo, imposibleng ikaw ay di mo ramdam yun?!"

"R-Ramdam ko." iiling iling na sagot ko.

"Kaya nga sabihin ko sa kanyang may gusto ka ng iba para huminto na siya sa paghahabol sa'yo dahil pinapagod niya lang ang sarili niya. Kung talagang ayaw mong gawin sa kanya yung pananakit na ginawa niya sa'yo, edi sabihin mo sa kanya yung totoo, dahil kung ililihim mo ang tunay na nararamdaman mo. Wala ka na ring pinagkaiba sa kanya." seryosong sabi niya at agad naman akong napaisip. **"Nasaktan ka niya dahil hindi niya sinabi sa'yong may gusto na siyang iba, para sa'yo ay pinaasa ka niya. Kaya kung ayaw kong magaya sa kanya, ang pinakamagandang gawin mo ay ang ipaalam sa kanya ang nararamdaman mo, ang tunay na nararamdaman mo."**

"H-Hindi pa ako handa."

"E kailan ka pa magiging handa?!"

"H-Hindi ko alam."

"Bahala ka ikaw rin. Baka sa sobrang paghahanda mo, maraming bagay na sumingit sa sitwasyon mo at dumating ka sa puntong hindi mo na malulusutan pa si Kim." nakangiti munit seryosong sabi niya dahilan para kabahan ako ng sobra. Hindi ko alam kung anong tinutukoy niya pero natakot talaga ako.

Hindi ko alam kung pano kami nakalabas ng court ni Tob dahil wala na talaga ako sa sarili ko.

E bakit ba kasi kinakabahan ako sa sinabi ni Tob?! Tsk!

Hindi ko talaga maintindihan kung bakit ganon na lang bigla kalakas ang tibok ng puso ko na parang nagkukumawala sa dibdib ko. Meron sa loob ko ang nagpapagulo sa isip ko at di ko mawari kung ano.

Kahit anong mangyari, hindi pwedeng ikaw Kim ang maging dahilan para masaktan na naman ako, hinding hindi na pwedeng maging ikaw.

Nakarating kami sa Canteen at tulad nang dati ay marami pa rin ang tumatawag sa'min pero this time, karamihan sa kanila ay mga di ko na kilala. Maaaring taga-SIS or other schools sila pero wala akong pakialam.

Mabilis kong iginala sa kabuuan ng Canteen ang paningin ko at parang may sariling isip itong naghanap.

Wala pa rin siya?! Anak ng, tsk!

"Ayun sila Lee oh!" sabi ni Tob na tinapik pako, kaya naman mabilis kaming naglakad papalapit sa table kung nasan sila ni Kim.

"Deib dito ka sa tabi ko." nakangitig bungad ni Kim at nagkatinginan naman kami ni Tob. Wala akong choice kung hindi ang maupo sa tabi niya. **"What do you want to have?"**

"A-Ako na lang ang oorder---"

"Ako na, my treat!!" nakangiti paring pigil niya sa'kin.

d>>_<<b

"H-Hindi na---"

"Sige na Deib, parang di ka naman sanay magpalibre kay Kim hahahaha." biro ni Lee.

Manahikik ka Gozon dahil di ka na nakakakilig!

"S-Sige ikaw ang bahala." naisagot kona lang.

"Yie! Okie samahan mo'ko Tob!" yaya ni Kim kay Tob at tumayo naman agad siya at nagpunta na sila sa line. Naiwan kaming dalawa ni Lee at naiilangang ako dahil nakatingin siya sa'kin habang nakangiti.

"T-Tch! Anong tingin na naman yan Lee?!"

"Mmm wala lang. Nakakapanibago ka kasi." nakangiti pa ring sagot niya.

"B-Bakit mo naman nasabi yan?"

"Mmm wala naman, parang may iba lang."

"Iba?! Anong iba?"

"Hahaha nevermind." sagot niya at naiwan naman akong nakatingin sa kanya.

Pero nanatili lang siyang nakangiti habang nakatingin pa rin sa'kin.

Ano na naman kayang kabadingan ang nasa isip nito?

"Kailan kaya magiging kayo ni Kim dre? Hehehe."

Muntik na akong masamid sa biro niyang yun. Nagmamadali akong tumayo at umastang aalis.

"Hey where are you going?!" takang tanong niya.

"C.R. lang!" mahinang sigaw ko pa at saka ako mabilis na lumabas ng canteen. Pero di pa man ako tuluyang nakakalayo ayy.

~BLAG!~

Nahulog ang gamit nung nakabunggo ko. Agad naman nyang pinulot isa-isa yun.

"Aish! Ano ba!" malakas na sigaw ko.

"Deib sorry."

Migz???

"Sorry di ko sinasadya---"

"Tsk."

Gusto kong mainis dahil masakit talaga pero dahil kaibigan siya ni Taguro ay wala akong magawa. At dahil sa mukha siya namumutla.

"O-Okay lang----Okay ka lang ba?!" kunwaring tanong ko na di ipinapahalata ang inis ko.

"Okay lang--sorry nagmamadali ako e! S-Sig---"

"T-Teka." pigil ko sa kanya.

Tama Deib, wala namang mawawala kung itatanong mo sa kanya si Taguro. Hindi naman rin yun masama, ang idahilan mo nalang e manonood ka ng laro niya hehe.

Hay ang talitalino ko talaga.

"Deib nagmamadali ako---"

"Teka, itatanong ko lang kung anong oras ang laro ulit ni Naih at Taguro." pahina ng pahinang tanong ko.

Hindi naman siguro ako mahahalata nito.

"Yun na nga e. Hindi ko alam kung makakapaglaro pa si Max bukas---"

Natigilan siya sa biglang pagtayo ko.

"Bakit?" malakas na tanong ko.

"Susunod palang ako ngayon kila Michiko dahil dinala si Max sa SIS Hopita----!!"

"Ano!?" malakas na tanong ko.

"Bakit?! Anong nangyari sa kanya?!" tonong nag-aalang tanong ko.

Kinabahan ako lalo at mas bumilis ang tibok ng puso ko!

"A-Anong nangyari!?" pagtatanong ko ulit.

"Hindi ko alam! Hindi ko alam! Aalamin ko pa lang! Kaya please! Nagmamadali rin ako---" hindi ko na tinapos pa ang sinasabi ni Migz at mabilis akong tumakbo palabas ng school.

Humanda ka talaga sa'kin Randall kapag may nangyaring masama kay Taguro!

Nakakainis kasi bakit sumama sama pa don e! Tignan mo kung anong nangyari sa'yo! Kapag may nangyaring masama sa'yo, ako mismo ang bibiyak dyan sa ulo mo!

Hindi ko alam kung paanong mabilis akong nakarating sa kotse ko at nagmaneho papunta sa SISH. Hindi kasi tulad ng BISH, ang SISH ay hindi katabi o kaharap ng SIS. Walking distance lang sya pero dahil sa nagmamadali ako ay minaneho ko na.

Mabilis akong pumasok sa Emergency Room at dumeretso sa Nurse's Station.

"N-Nurse." tawag ko sa isa munit may kausap siya sa cellphone kaya bumaling naman ako don sa isa. **"N-Nurse."**

Nagmamadali namang sumalubong sa paparating na pasyente yung isa kaya kinakailangan kong hintayin 'tong isa pa.

Peste bakit ba dadaladalawa ang nurse dito!

"Nurse!" malakas na tawag ko sa isa nung maibaba niya ang telepono. **"Si Maxpein del Valle nasan siya?!"**

"Is Maxpein her last name or first na---"

"Didn't you hear me!? I said Maxpein del Valle!"

"Ahh Sir, please calm down----"

"Nasan siya!" malakas na sigaw ko.

"P-Please calm down S---"

"How do you expect me to calm down!?" galit talagang tanong ko. **"Just tell me where the heck is Maxpein! Sinabi ko na ang buong pangalan pinaulit-ulit mo pa!"**

"S-S-Sorry Sir---"

"Faster!"

"Wala siyang room, nandon siya."

Gulat akong napatingin sa kaliwa ko ng marinig ko ang malumanay na salitang yun.

Si MAXWELL!

"She's in bed 8." malumanay pang dagdag ni Maxwell!

Napapahiya naman akong tinanguan siya.

Mamaya na kita iintindihin! Kailangan ko munang makita ang kapatid mo!

Mabilis akong naglakad papunta sa bed 8 at mabilis ko ring hinawi ang curtain at..

Halos bumagsak ang dalawang balikat ko nang hawiin ko ang curtains at makita ko ang nasa likod non.

Si Taguro.

At si Randall.

Masayang nagtatawanan.

"Hahahahaha----!"

"D-Deib." halatang gulat na tawag sa'kin ni Randall pero hindi ko siya kinibo.

Nanatili akong nakatingin sa kanilang dalawa hanggang sa dahan dahan naman akong nilingon ni Taguro.

Nakaswero ang kaliwang kamay at bahagyang nakaupo sa hospital bed niya habang ang kalahating katawan niya ay may kumot, magulo ang buhok niya at wala pa ring ekspresyon ang mukha niya.

"Anong ginagawa mo dito?" walang ganang tanong na naman niya.

Anong ginagawa ko dito!?

Tch! Tinatanong niya kung anong ginagawa ko dito!? Syempre mag-aalala ako!! Bopols!

"Deib." tawag ulit sa'kin ni Randall pero hindi parin ako nakapagsalita.

Bakit ba ganito ang nararamdaman ko? Nakakainis!

Parang dahan-dahang pinipisil ang puso ko at nababasa ang mga mata ko.

Sumasakit ang ulo ko at biglang naramdaman ko ang pagod sa dalawang tuhod ko.

Gusto ko nang talikuran sila pero ayaw gumalaw ng katawan ko.

Ano bang nangyayari sa'yo Deib!? Tsk!

Sunod sunod ang lunok na ginawa ko dahil umaasa akong sa pamamagitan nun ay magkakaroon ako ng lakas ng loob na makapagsalita.

Magkasabay ko ring ikinukuyumos ang dalawang kamao ko dahil baka sa pamamagitan nun ay magkaroon ako ng lakas para talikuran sila at lumayo.

Pero hindi.

HINDI KO MAGAWA.

Pareho pa rin silang nagtatakang nakatingin sa'kin at ako naman ay mukhang tanga pa ring nakatayo sa harap nila.

"Tinatanong kita kung anong ginagawa mo dito?" seryosong tanong ni Taguro dahilan para bumalik ang diwa ko.

Tinignan ko siya sa dalawang mata.

Tinitigan ko siya na parang ngayon ko lang siya nakita.

Pinagmasdan ko ang mukha nya na parang hindi ko na ito muling makikita pa.

One.

Two.

Three.

Pigil ang luhang tinalikuran ko s'ya at naglakad ako palabas ng Emergency Room. Pero hindi pa man ako tuluyang nakakalabas ay.

"Hey." pigil sa'kin ni Maxwell. **"Where are you going?"** tanong niya at wala sa sarili naman akong humarap sa kanya. **"Aren't you here to visit my sister---"**

"I already did." seryosong sagot ko at nagulat naman siya.

"That fast?" taka talagang tanong niya at tumango naman ako agad sa kanya.

"I've no more reasons to stay." wala sa sariling sagot ko at saka tinalikuran siya.

Hindi ko alam kung paano akong nakapasok sa kotse ko at mas hindi ko alam kung paanong nakapagmaneho pa ako pabalik sa SIS.

Mabilis akong naglakad papasok at agad na dumeretso sa assigned room para sa team namin upang kunin ang gamit ko doon. Agad namang lumapit sakin sina Tob at Lee nung makita ako.

"Hey! Anong nangyari sa'yo?! Bigla kang nawala!?" si Lee. **"We were looking for you dre."**

"Tumawag sa'kin si Michiko at ang sabi niya ay dinala daw si Max sa SIS Hospital." nag-aalalang sabat ni Tob. **"Anong nangyari?? Okay na ba siya?!"**

"Is she okay now Deib?" si Lee.

"Ano bang nangyari kasi? Hindi rin kasi nabanggit sa'kin ni Michiko e." si Tob. **"Pupuntahan na dapat namin sa SIS kaso hinintay ka namin, galing ka na pala dun tsk."**

"Deib?" si Lee.

"Dre ano na?! Okay lang ba siya? Kasi nag-aalala kami e."

"He's right. Let's go, puntahan natin siya." dagdag ni Lee.

"Hindi na kailangan." malumanay na sagot ko habang isa-isang ipinapasok sa bag ang mga gamit ko.

"H-Ha? Bakit naman?!" si Tob.

"Deib, sige na puntahan na natin. Wala kasing makapagsabi sa'min kung anong nangya---"

"Hindi nya tayo kailangan don okay!?" inis na pigil ko kay Lee at taka naman silang tumingin pareho sa'kin. **"Hindi niya tayo kailangan don dahil nandon naman ang ex niyang si Randall para patawanin siya at bantayan."** pagdidiin ko at pareho naman silang natigilan at saka ako tinitigan. Bakas ang pagkagulat at pagtataka sa mga mukha nila munit hindi ko na yun pinansin at nagpatuloy na lang ako sa ginagawa ko.

"Pumunta ka pala bakit hindi mo kami sinabihan? Sana tinawagan mo'ko." si Lee. Hindi ko siya sinagot.

Tch sa sobrang pagmamadali ko, sa tingin mo maiisip ko pa'ng ipaalam sa'yo?

"Nakita mo ba siya? How is she?" nag-aalalang tanong ni Tob.

Sa tingin mo ba ay masasabi kong hindi niya tayo kailangan don kung hindi ko siya nakita?

Ewan ko.

Naiinis ako sa mga tanong nila.

Pakiramdam ko ay nakakabobo yung mga tanong nila.

Nababadtrip ako dahil hindi pa nga ako sumasagot sa unang tanong ay may kasunod na.

Badtrip!

"Deib, ano ba? Let's go---"

"Lee, sinabi ng hindi tayo kailangan dun ni Taguro dahil nandon si Randall." pilit pinapakalma ang sarili'ng sagot ko.

"E hindi naman si Randall ang ipupunta natin---"

"Oo nga pero anong gagawin natin don!?"

"Edi ichecheck natin yung situation ny---"

"Hindi naman makakatulong yung pagpunta natin don sa sitwasyon niya---"

"Ano bang nangyayari sa'yo?!" halatang inis na tanong niya. Inis naman akong iniiwas ang paningin ko at nagtama ang paningin namin ni Tob. Salubong rin ang kilay nya habang nakatingin sa'kin. **"Tinatanong ka lang pero napakainit naman yata ng ulo mo!?"**

"Nakakainis kasi paulit-ulit ang tanong niyo. Sinabi ko na nga di ba?! Mag-iisip na lang kayo hindi niyo pa magawa---"

"Deib." pigil ang inis na singit ni Tob. **"Kung may nangyari man sa inyo don sa ospital---labas kami don. Wag mo kaming daanin sa init ng ulo mo dahil unang una wala ka namang sinabing okay na siya. Nag-aalala rin kami, hindi lang ikaw."**

"I don't know if she's okay, okay!? Hindi ko alam!" inis na sagot ko.

"E ano pang ginawa mo dun!?" inis na tanong ni Lee.

Muling pumasok sa isip ko yung itsura ni Taguro'ng takang taka kung anong ginagawa ko don.

Nakakainis! Yung kaisa-isang tanong mong yun sinira ang buong magandang araw ko Taguro! Bwisit ka!

"Nalimutan kong i-itanong kung okay na siya---"

"What?!" silang dalawa.

"S-She looks fine---she looks okay! Tatanungin ko pa ba? Sinabi ko na nga di ba? Kasama niya si Randall at mukhang nagkakatuwaan sila---iisipin ko pa bang hindi siya okay nung ganong lagay!?" inis na sagot ko.

"Tsh! You're acting really weird! Parang hirap na hirap kang sumagot sa mga tanong!" singal ni Lee na pahablot na kinuha ang bag niya at inis na isinabit yun sa balikat niya. **"I'll go first, I'll see you tomorr---"**

"Lee." pigil ni Tob.

"I'm going to visit her. It seems like our friend right here is having a hard time answering my questions. I'm afraid that my worries might be replaced with anger. Mauna na ako. I'll see you tomorrow." pagdidiin ni Lee at saka kami tinalikuran.

Pinanood pa namin siyang makalayo at saka ako nagtuloy sa ginagawa ko.

"Ano yun?" sarkastiko munit halatang galit na tanong ni Tob habang nakatingin saikin at nakaturo sa nilakaran ni Lee.

"A-Anong ano yun!?" inis na tanong ko.

"Anong trip yun!?"

"Alin!?"

"Kasi dre, ang dali nung tanong namin at pwede ka namang sumagot ng maayos! Hindi ko maintindihan kung bakit tulad nga nung

sinabi ni Lee---parang hirap na hirap kang sagutin kami ng maayos! Umamin ka nga sakin!? Dala ba yan ng pagod o dala na ng selos!?"

"Ano!? Sagutin mo'ko!" halatang galit talagang dagdag niya.

"T-Tob---"

"Kasi hindi ko maintindihan dre. Kaibigan rin kami ni Max---at natural lang naman sigurong mag-alala rin kami?! Ang ayos ayos nung tanong namin, sasagutin mo kami ng pasaring. What the heck is wrong with you!?"

Hindi ako nakasagot sa kanya at napapahiyang napatungo ako. Randam ko ang kulubot ng pagmumukha ko. Nakakaramdam ako ng inis pero sa tingin ko ay nagkamali nga ako.

"Sige makikinig ako. Tell me what happened?" seryosong tanong ni Tob. Napatingin naman ako sa kanya at saka napapabuntong-hiningang iniiwas ang paningin ko.

"Nakakabadtrip kasi e." malumanay munit inis na sambit ko. **"Kanina, nung lumabas ako nakasalubong ko si Migz nun at siya ang nagsabi sa'king dinala nga daw si Taguro sa ospital---ako naman si bobo nagmadaling pumunta don!"**

"Oh tapos?"

"Pagdating ko---nakita ko sila ni Randall na nagtatawanan!"

"Pshh. Oh ngayon?"

"Alam mo yung---nagmadali kang pumunta don tapos bigla kang tatanongin kung anong ginagawa mo don!?" inis na tanong ko habang nakatingin sa dalawang nanlalaking mata niya. **"Pakshet! Nakakabadtrip!!!! Tanga ba siya?!"**

"Ano?!"

"Tch! Dre, pumunta ako don---syempre dahil nag-aalala ako at gusto ko siyang makita! Bakit kailangan niya pang magtanong ng ganon?! Nakakabadtrip e! Nakakainsulto!" inis na sabi ko at hindi naman agad siya nakasagot. **"Napahiya ako! Napahiya ako sa harap nung mismong Randall na yun! Si Randall na nanloko sa kanya!"**

Mas nakaramdam ako ng inis nung biglang pumasok sa isip ko na hindi siya nakapanood ng game ko kanina.

"Nakakabadtrip dahil hindi na nga siya nanood ng game ko---sumama pa siya don. Tapos malalaman ko dinala siya sa ospital matapos niyang sumama sa kanya!? At sa huli ikaw pang tatanungin

kung anong ginagawa mo don matapos mo siyang dalawin!? Wow! Nakakabadtrip di ba dre?! Nakakabadtrip!"

"Psh..Kaya pati kami ginanon mo?!"

"H-Ha?" takang tanong ko.

"Ganyang ganyan ka kanina e, nag-aalala rin kami ni Lee kaya ka namin tinatanong! Wala ka namang ibang ginawa kung hindi barahin kami! Pakyu!"

"S-Sorry na---"

"Ulul! Yari ka kay Lee bukas!"

"Tch! Hindi magagalit sa'kin yun ng dahil lang sa ganon!"

"Psh! Napakaisip bata mo kasi!"

"A-Anong isip bata naman don!?" inis na tanong ko at saka muling tumayo at inayos ang mga natitirang gamit ko.

"Dahil halata namang nagmumukmok ka kaya ka nagkakaganyan!"

"N-Nagmumukmok!?"

"Sige! Dyan ka magaling e! Sa pagdedeny! Kalalaki mong tao dre. Psh! Hoy! Wag ka ng magkunwari dahil alam kong kaya ka nagkakaganyan ay dahil sa selos! Sa selos at wala ng iba kung hindi dahil sa selos!"

Hindi ako nakasagot sa kanya.

"O sige iintindihin kita. Let's say na naiintindihan kita dahil tulad mo ay nakakaramdam pa rin ako ng selos kapag may ibang lalaking dumidikit kay Michiko. Pero sana next time dre, wag mo na kaming idadamay ni Lee sa init ng ulo mo---kasi nag-iinit rin ang ulo namin e! Sarap mong konyatan e!" halatang inis na sigaw niya at nginusuan ko naman siya. **"Hindi ka pa rin ba tapos dyan!?"**

"T-Tapos na---"

"O siya tara tara!"

"A-Anong tara?!"

"Pupuntahan natin si Max---ano pa ba?!"

"Hindi na! H-Hindi na ako babalik don---kung gusto mo ikaw na lang. Ayoko ng bumalik don at hindi na ako babalik don! Mag-isa ka na lang pumunta tutal nandon naman si Lee. Uuwi na lang ako."

"Sigurado ka ba?"

"Oo naman! Tch! Matapos niya akong ipahiya don sa Randall na yun!? Sa tingin nya gugustuhin ko pa siyang dalawin!? Bahalata sya sa buhay niya! Wala siyang kwenta!"

"Tsk tsk tsk."

"A-Ano na naman?!"

"Ikaw bahala, basta ako dadalaw." parang nag-iinggit pang sabi niya.

"Wala akong pakialam, dumalaw ka kung gusto mo. Uuwi nako!"

"Ikaw rin."

"A-Ano?"

"Baka maunahan ka---"

"M-Manahimik ka nga! W-Wala akong pakialam k-kung m-maunahan ako okay!? Wala akong pakialam! Maunahan na kung mauunahan dahil hindi naman ako makikipag-unahan kahit kailan! Sige na! Umalis ka na! U-Uuwi na'ko!" inis na sabi ko at pahablot ring kinuha ang bag ko at saka naglakad palabas ng room at palayo.

"Hoy! Ya! Ano ba! Hintayin mo ko!" sigaw ni Tob pero hindi ko na siya pinakinggan pa.

Mabilis akong naglakad papunta sa parking lot at sumakay sa kotse ko, humabol naman siya bago ako tuluyang umalis.

"Sigurado ka bang hindi ka sasama?!" seryosong tanong ni Tob.

"Hindi na nga! Nakita ko na siya at mukhang okay naman na siya kaya hindi ko na kailangang sumama! Gagaling naman yun kahit wala ako don!" nakangusong sagot ko.

"O sige ikaw bahala. Ingat ka pauwi."

"Sige salamat."

"Babalitaan na lang kita dre."

"K-Kahit wag na."

"Babalitaan pa rin kita."

"W-Wag na nga---!!"

"Ulul! Hindi ko isasaalang-alang ang game natin laban sa Acosta School of Elites at Torno-Agpoon University!"

Shet, interhigh nga pala! Nawala na sa isip ko!

"A-Anong oras nga pala tayo bukas?!"

"Same time, 8am kailangang nandito na, 9am start yata ng mga games."

"Sige, bukas nalang."

"Sigurado ka ah? Ayaw mong sum---"

"Ayoko nga!" inis na pigil ko sa kanya at saka binuksan ang makina. **"Pumunta ka mag-isa don para magmukha ka ring tanga! Tch! Sige! Una nako! Ingat!"**

"Ingat!" natatawang sigaw niya pa at kinawayan ko na lang siya bilang sagot saka ako nagmaneho pauwi.

BAHAY.

Pagdating sa harap ng bahay ay hindi ko muna agad ipinasok ang kotse ko. Nanatili ako sa loob ng sasakyan ko at mula doon ay tinanaw ko ang bahay naming bukas ang halos lahat ng ilaw. Nakita ko na ang kotse ni Noona at kotse nila Dad.

Kapag pumasok ako dyan ay malamang tatanungin nila ako kung bakit bigla akong nawala. Tch!

Naiinis ako.

Gusto kong kotongan si Taguro at ipaalala sa kanya lahat ng ginawang kalokohan ni Randall sa kanya.

Tapos ay kokotongan ko pa siya ng extra dahil sa kabobohan niya! Tch! Bakit ba pumupunta ang isang tao sa ospital kapag nalamang may nangyaring masama sa isang tao!? Engot.

Muling pumasok sa isip ko yung itsura niya matapos nya akong nakita.

Mukha siyang tanga dahil punong puno siya ng pagtataka.

Nakakapagtaka bang ang isang gwapong Deib Enrile ay dumalaw sa isang talentado at hambog na tulad niya!? Peste!

"Tch! Ni hindi ko man lang naitanong kung anong nangyari sa kanya! Nakakainis! Bahala ka sa buhay mo! Mabulok ka dyan sa ospital"

Matapos kong isigaw ang linyang yung ay nakaramdam naman ako ng matinding panglulumo.

Bakit ba ganon na lang kadali para sayong balewalain ako ha!? Badtrip ka ah!

Inis kong pinindot ang music player ko at.

♫ ♪ ***'You tell me you're in love with me.. Like you can't take your pretty eyes away from me.. It's not that I don't wanna stay.. But every time you come too close I move away.. I wanna believe in everything that you say.. 'Cause it sounds so good.. But if you really want me, move slow.. There's things about me you just have to know.. Sometimes I run (sometimes).. Sometimes I hide.. Sometimes I'm scared of you.. But all I really want is to hold you tight.. Treat you right, be with you day and night.. Baby all I need is time.. I don't wanna be so shy.. Every time that I'm alone I wonder why.. Hope that you will wait for me.. You'll see that you're the only one for me.. I wanna believe in everything that you say.. 'Cause it***

sounds so good.. But if you really want me, move slow..There's things about me you just have to know..' ♫ ♪

Bakit naman ngayon pa!! Grr!

Pop ang genre ng kanta pero bawat linyang pumapasok sa utak ko ay parang emotional song. Nakakainis.

But if you really want me, move slow, cause there's things about me you just have to know??

Ano naman kaya yun??

Hindi kaya. Hindi kaya? Mahal niya pa si Randall?

Nainis ako sa sarili kong naisip.

"Tch! Malamang! Kung hindi niya na mahal yun, sa tingin mo ba sasama pa siya dun!? E ako nga inis na inis akong makita si Kim! Tuwing didikit siya sa'kin, pakiramdam ko ay nilalandi niya lang ako! Nakakainis!"

♫ ♪ ***'All I really want is to hold you tight.. Treat you right, be with you day and night.. Baby all I need is time.. Just hang around and you'll see.. There's nowhere I'd rather be.. If you love me, trust in me..The way that I trust in you.. All I really want is to hold you tight.. Be with you day and night.. Sometimes I run, (sometimes) sometimes I hide.. Sometimes I'm scared of you.. But all I really want is to hold you tight.. Treat you right, be with you day and night..'*** ♫ ♪

Pero kung mahal niya pa si Randall, bakit ganon yung mga sinabi niya kay Randall nung gabing yun? Ang sabi niya ay wala na siyang dahilan para magpaliwanag pa kay Randall? Baka naman, si Randall kasi ang kusang dumidikit sa kanya!? Tch! Iba rin ang apog mo pre, baka nakakalimutan mong may girlfriend ka!

Inis akong pinatay ang player sa takot kong baka magpaulit-ulit na naman ang kantang yun sa utak ko. Laglag ang balikat na pumasok ako sa loob ng bahay.

"Ohhh hi there baby!" si Mom.

"Where have you been son?" si Dad. **"Hindi ka na namin nakita kanina."**

"Kumain ka na ba iho?" si Manang.

Hindi ko alam kung sinong unang sasagutin ko.

"Deib?!" si Noona. Nilingon ko naman agad siya. **"You have to come with me!"**

Nagmamadali siyang bumaba ng hagdan habang hawak hawak ang cellphone sa kanang kamay at nagjajacket naman sa kaliwang kamay.

"S-Saan?" takang tanong ko.

"Sa ospital!"

"Ha!? Bakit?" si Manang.

"Who's in the hospital?" nag-aalalang tanong ni Mom.

"I'll talk to you later---Love you! Halika na!" mabilis akong hinila ni Noona at nanlalaki naman ang mga matang mabilis akong nagpakaladkad sa kanya.

"A-Ano ba?! Sino bang naospita---"

"Stop asking questions jus---fuck! I forgot my keys!" galit na sigaw niya.

"Got mine." inis na sabi ko at saka nagpaumunang naglakad papunta sa kotse ko at sumunod naman siya.

"I'll drive!"

"Ha?!"

"Ako ang magdadrive dahil mabagal ka!"

"Pero---"

"Please! Nagmamadali ako Deib!"

"Fine!" inis na sabi ko at iniwanang bukas ang pinto ng driver's seat saka inis na pumunta sa passenger's seat.

Tch! Siya lang ang nagmamadali pero pati ako minamadali!? Nice! Siya na langa ng nakikiusap nyan ah!

Ramdam ko ang matinding inis sa loob ko kaya naman hindi ko na nagawang tignan ang kalsadang tinahak namin kaya naman.

"A-Anong ginagawa natin dito!?" takang tanong ko at hindi naman agad ako nasagot ni Noona dahil nagmamadali siyang bumaba ng kotse. **"Noona!"** tawag ko sa kanya at inis na hinugot ang susi ng kotse ko at saka bumaba. **"Noona!"** tawag ko sa kanya habang nagmamadali siyang pumasok sa loob ng SISH!

OO! Nandito kami ngayon sa SIS Hospital!

Anong ginagawa namin dito!? Sinong naospital!? Bakit dito pa!? Nakakainis!

Hindi kaya...??

Nakanganga akong sinundan ng tingin ang tumatakbo'ng si Noona papasok ng E.R..

Hindi kaya malala si Taguro masyado at kailangan ng tulong niya!?

Hindi ko maintindihan kung bakit biglang merong parang kuryenteng dumaloy sa loob ng katawan ko at naiwan yun sa puso't isip ko. Ang bilis bilis ng tibok ng puso ko at biglang nanginig ang mga kamay at tuhod ko.

NATAKOT ako dahil sa naisip ko,

Andwae. Andwae!

Mabilis akong sumunod kay Noona at nung makarating na kami sa loob ng ER..

"Where's patient Echavez?!" nag-aalalang tanong ni Noona at mabilis namang kumilos ang nurse para maghanap sa list nila.

Echavez!? Si R-Randall!?

"Anong nangyari kay Randall Noo---"

"Call Mom and Dad and tell them where we are---para hindi sila mag-alala." parang nagmamadaling sabi niya sa'kin saka muling bumaling sa nurse**. "Ano nurse?! Nasan na!?"**

"W-Wait lang po Doc."

"Bilis!"

"Y-Yes Doc."

"N-Noona---"

"Deib just call Mom and Dad now! Tell them where we are!"

"O-Okay." nasambit ko na lang dahil bakas ang pag-aalala sa itsura niya at nagpapanic siya. Medyo lumayo ako sa kanya at idinial ang number ni Mom.

Kanina lang ay nakita ko pa siya, paanong may nangyari sa kanya!?

"Hello Dein anak? Saan ang punta niyo?!" nag-aalalang sagot ni Mommy sa cellphone niya.

"Ahh. Mom, its Deib."

"Oh baby? Where are you? Bakit nagmamadali kayo?"

"N-Nandito po kami sa SIS Hospital e."

"Anong ginagawa niyo dyan!?" nag-aalalang tanong ni Mommy.

"M-Mom, si Randall po yata ang dinala dito---hindi po ako masagot ni Noona kasi may kausap siyang mga nurse."

"Are you okay?"

"Yes Mom."

"Okay sige, tawagan mo ulit ako mamaya, balitaan niyo ako okay?"

"Yes Mom."

"Okay take care. I love you."

"I love you Mom."

"Bye."

"Bye." at ibinaba ko ang cellphone.

Maglalakad na sana ako pabalik kay Noona pero.

Napahinto ako nung maalala ko si Taguro.

Dahan dahan kong tinignan sa gilid ng mga mata ko yung pwesto ng bed niya.

Sino na lang ang kasama niya kung naospital rin si Randall!?

Tch! Nandyan rin si Maxwell! Wag mo siyang alalahanin Deib!

Gusto ko man siyang makita ay naiinis pa rin ako dahil sa ginawa niya. At isa pa, kasama ko si Noona.

"Ano ba!? Hindi mo ba talaga makita! Maghanap kang maigi!"

Bumalik ang diwa ko sa lakas ng sigaw na yun ni Noona. Halos ang lahat ay napatingin sa lakas ng boses niya. Agad akong tumakbo pabalik sa kanya at inawat siya.

"N-Noona, ccalm down." napapahiyang awat ko sa kanya.

"Nakakainis 'tong nurse na 'to dahil ilang minuto na hindi niya pa rin nahahanap si Randall! Randall Echavez ang pangalan ng pasyente! Anak siya ng may ari ng ospital na 'to pero hindi mo kilala---"

"D-Doc sorry po talaga pero wala po kasi talaga si Sir Randall sa patient's list namin---"

"Hanapin mo kasi!"

"P-Pero Doc, Zyra Echavez lang po ang meron dito---"

"What!?"

"Wala po talaga si S-Sir Randall dito Doktora---"

"Dein."

Pare-pareho kaming natigilan nung marinig namin ang pamilyar na boses na yun. Sabay sabay rin kaming napalingon.

"What are you doing!?" salubong ang kilay na tanong ni Maxwell kay Noona.

"Looking for my boyfriend!? Why do you care?!" galit na tanong ni Noona sa kanya.

"You're too loud, there are patients---"

"I don't care! This is none of your business so please get out of my face!" inis na sigaw ni Noona sa kanya dahilan para mas magtinginan sa'min ang mga tao.

Hindi naman siya sinagot ni Maxwell at mas nainis pa si Noona nung biglang ngumisi ito.

Nagtaka naman ako.

"Can't you ask the nurses calmly?" sarkastikong tanong ni Maxwell.

"Wala ka sabing pakialam okay!? Nag-aalala ako kaya ganito ako! Pwede ba!? Umalis ka nga sa harap ko!"

"You can't find him by using your mouth, you have to find him using your eyes."

"Shut up!"

"Tsh, ang boyfriend mo ay kasama ko."

"W-What!?" gulat at takang tanong ni Noona sa kanya.

"Yeah, nandon si Randall." turo niya sa bed kung nasaan si Taguro kanina.

Andwae.

"Nandon siya kaya hindi mo na kailangang mag-eskandalo pa." biglang seryosong sabi ni Maxwell dahilan para bumakas ang inis at galit sa mukha niya. Hindi naman nakasagot si Noona kaya naman matapos siyang titigan pa panandalian ni Maxwell ay agad na tumalikod ito at bumalik sa pwesto ng bed ni Taguro.

Agad naman kaming naglakad ni Noona munit hindi pa man kami nakakalapit ay.

Lumabas si RANDALL.

"D-Dein." nagtatakang tanong ni Randall at hindi naman agad siya sinagot ni Noona. Agad siyang nilapitan ni Noona at saka hinawakan sa magkabilang braso. Tinignan pa siya ni Noona mula ulo hanggang paa. **"W-Wait, what are you doing?"**

"I t-thought you're---" hindi naituloy ni Noona ang sasabihin nya dahil.

Hinawi ni TAGURO ang curtain at huminto sa harap naming. Agad na nagtama ang paningin nila ni Noona.

Demmit! What the heck is going on!!?

"W-Why are you together!?" nanginginig ang boses na tanong ni Noona!.

"What are you doing here?" tanong naman pabalik ni Randall sa kanya.

"I said, why are you together!?" pag-uulit ni Noona.

"It's not what you think okay!? Why are you here!?" tanong ulit ni Randall.

Si Taguro naman ay nananatiling nakatingin sa kanilang dalawa habang inaayos ang damit niya.

"Bakit ba ako ang tinatanong mo---!!!"

"Just answer me!" biglang sigaw ni Randall dahilan para matigilan si Noona. Bakas na ngayon sa mga mata ni Noona ang pagkagitla.

"Hey! Hey!" biglang singit ni Maxwell! **"Where the hell do you think you are?! Huh!?"** inis na tanong nito na nagpapapalit-palit ang tingin kina Noona at Randall.

"Baka nakakalimutan mong doktor rin kami pareho!!" si Noona.

"Then act like one!" sigaw ni Maxwell sa kanya. **"Doctor nga kayo pero hindi niyo man lang naisip na nasa ospital kayo at nasa ER pa?! Get out!"**

"W-What?"

"I said, get out!"

"Who are you to say that!?" pigil ang inis na tanong ni Randall kay Maxwell. **"I am the son of the owner---"**

"I am the Resident on Duty and I don't care who you are. Leave this place quietly, you're disturbing other patients." malumanay munit may authority'ng sambit ni Maxwell dahilan para pare-pareho kaming matigilan. Nagulat pa ako nung malakas na bumuntong-hininga si Randall at saka hinila si Noona palabas.

Susunod na sana ako sa kanila munit.

"Here, take this home and drink it. I'm begging you Pein take good care of your health." nag-aalala ang tonong sabi ni Maxwell dahilan para lingunin ko sila.

Magkaharap sila ni Taguro habang nakahawak si Maxwell sa magkabilang balikat niya. Malamang, tulad ng dati ay wala na namang reaksyon ang mukha ni Taguro.

Tch! Ano na naman ba kasing ginawa mo at bumalik ka naman sa ospital!!?

"Don't ever skip your meals again. Arasseo?!?" dagdag pa ni Maxwell.

"Keokjeongma hajima, nan gwaenchanna." si Taguro.

**Translation: Don't worry, I'm alright.*

"Hangsang meokgo! Ihae?!"

Translation: Eat a lot! Understand!?

"Ye, ye." tatangu-tango pang sagot ni Taguro at saka sumenyas.

"Jalga."

"Ye---"

Hindi naituloy ni Taguro ang sinasabi niya dahil eksaktong pagbaling niya ay nagtama ang paningin naming dalawa.

LUNOK!

Blangko ang mukha niya munit bakas pa rin ang pagtataka.

"Dangsineun mwoya?" nakangising tanong sakin ni Taguro!

Translation: What are you?

"E-Eh?"

"Tss. Anong ginagawa mo dito?"

"Yan na naman?! Bakit ba laging yan na lang ang tanong mo sa'kin!"

"Ya!" sita naman ni Maxwell sa'kin. Nanlaki pa ang mga mata ko ng ngingisi ngising naglakad si Taguro palabas ng hindi man lang ako hinihintay.

Hoy! H-Hintayin mo'ko!!

Pero hindi ko siya nagawang tawagin dahil muling nagtama ang paningin namin ni Maxwell. Salubong na salubong ang mga kilay niya at bakas ang galit at inis niya sa'kin.

"W-Why??" kabado'ng tanong ko.

"You have no difference with your sister! Naga!"

Translation: Get out!

Tatangu-tango naman akong napasaunod sa sigaw ni Maxwell. Mabilis akong tinalikuran si Maxwell at napapahiyang tinahak ang daan palabas.

Badtrip!

Inis akong naglakad hanggang sa tuluyan akong makalabas ng ER at agad kong hinanap si Taguro.

Peste ka! Wala ka ring pinagkaiba sa Kuya mo! Masyado kayong presko pareho!

Agad kong iginala ang paningin ko sa labas ng ER at agad ko namang nakita si Taguro.

Bwisit ka yari ka talaga sa'kin!

"Hoy Taguro!" tawag ko sa kanya pero hindi nya ako nilingon. Agad akong lumapit sa kanya at huminto sa mismong tagiliran niya. **"H-Hoy----"**

Natigilan ako nung mapansin kong hindi siya nakatingin sa'kin. Nasa iba ang paningin niya. Napatitig ako sa mukha niya at parang gulat pa rin siya.

Anong nangyayari dito!?

Hindi ko napigilan ang sarili kong tumingin sa tinitignan niya at..

Nakita kong naghahalikan si Randall at si Noona.

Napatingin pa muna ulit ako kay Taguro bago tignan ulit sila Noona. Pareho silang nakatagilid sa amin.

Why the heck are they doing this in public! Nakakadiri!

Inis kong iniiwas ang paningin ko sa kanila at muling tumingin kay Taguro.

Maya maya pa ay kitang kita ko kung paanong nangilid ang mga luha niya.

Oh??

"T-Taguro." usal ko pero hindi siya natinag sa pagkakatingin sa kanila.

Hindi ko maintindihan kung bakit parang ako ang nasasaktan sa nakikita kong nakikita niya.

Hindi ko maipaliwang ang kibot na nararamdaman ko sa puso ko dahil nakikita kong nasasaktan siya sa nakikita niya.

Bakit ka pa rin nagkakaganyan!? A-Akala ko ba ay okay ka na?

Muling tinignan ko sila Noona pero hindi pa rin sila tumitigil at nung paglingon ko kay Taguro.

Konting konti na lang ay tutulo na ang luha niya.

Hindi ko alam kung paanong mabilis kong naiharang ang katawan ko sa harapan niya at mabilis ring nahawakan ang mukha nya at iniiwas yun sa kanila.

"W-Wag mo na lang tignan kung g-ganyang nasasaktan ka." mahinang usal ko habang tinitignan siya sa mga mata niya. Hawak hawak ko sa dalawang kamay ko ang malalambot na pisngi niya.

Halos tatlong daliri na lang ang pagitan ng mukha naming dalawa na ultimong hininga niya ay nararamdaman ko na.

Ramdam na ramdam ko ang bilis ng tibok ng puso ko at parang pakiramdam ko ay kayang kayang basagin nito ang mga buto ko.

Pilit kong pinipigilan ang nginig sa mga kamay ko dahil ayaw kong maramdaman nya ang kaba ko.

Hindi siya nagsalita at dahan dahang tumingin sa mga mata ko.

Alam kong hindi ko kayang tagalan ang mga titig nyang yun.

Pero kailangan, kailangan mong matagalan Deib, kung ayaw mong mas masaktan ka kapag nakita mo siyang nasasaktan harap harapan.

Ilang segundo pa ang lumipas na nakatingin kami sa mga mata ng isa't isa habang hawak hawak ko pa rin ang mukha niya.

Dahan dahan niyang hinawakan ang magkabilang braso ko gamit ang dalawang kamay niya at saka kusang alisin ang mga kamay ko sa mukha

niya.

"S-Sorry." agad na naisual ko pero blangko pa rin ang mukha niya.

"Deib!" biglang tawag sa'kin ni Noona. Saglit pa akong tumitig kay Taguro bago ko tuluyang lungunin si Noona. Hindi ko naman siya sinagot. **"Kay Randall na ako sasabay, umuwi ka na."**

"Sige." mahinang sagot ko.

"Mag-iingat ka, umuwi ka na." seryosong sagot nya at saka tumingin kay Taguro at tumalikod. **"Let's go hon."** baling niya kay Randall na inalalayan pa siyang makasakay ng kotse. Tumingin naman muna siya sa gawi namin habang naglalakad papunta sa pinto ng driver's seat.

Hindi ko maintindihan yung kirot na naramdaman ko nung makita ko ang naging reaksyon ni Taguro nung makitang naghahalikan sina Randall at Noona.

Hindi ko na tinapos kung ano man ang ginagawa nila Randall at Noona dahil nakatitig ako sa mukha ni Taguro.

Hindi ko nagustuhan ang naging reaksyon niya, ang emosyong pinakita niya dahil sa napapanood niya, ang sakit na hindi niya man pinakita pero kusa kong naramdaman.

Pakiramdam ko ay hindi ako makahinga at wala akong marinig sa paligid habang nagpapapalit palit ang paningin ko sa dalawa at sa kanya.

Bakit ganito ang nararamdaman ko? Nagseselos lang ba ako? O, nasasaktan na ako?

Hindi ko talaga maipaliwanag ang nararamdaman ko.

Hindi ko maintindihan kung bakit kailangang makita kong nasasaktan ka? Bakit kailangang masaktan ka pa habang nakikita mo sila? Matagal ng sila at wala na kayo, hindi ka na dapat nasasaktan pa!' sigaw ko sa isip ko dahil hindi ko man lang magawang ibuka ang bibig ko dahil sa nakikita ko.

Bakit kailangang ganito ang maramdaman ko? Bakit kailangang ganyan ang maging reaksyon mo?!

Hindi ko talaga maipaliwanag ang sunod sunod na galaw ng puso ko. Parang hinihimas at kinikilabutan ako, hindi ko maipaliwanag ang pakiramdam. Hindi ko pa 'to naranasan noon at wala pang nakapagsabi sa'kin na may naramdaman silang ganito. Wala akong alam sa ganito at pakiramdam ko ay mangmang ako, naninibago ako sa nararamdaman ko at hindi ko alam kung anong tawag dito. Wala akong alam na paraan para mahinto 'to dahil ang alam ko lang.

Nasasaktan ako, at ayoko ng ganitong pakiramdam..

Nanatiling nakatingin sa sahig si Taguro nung tuluyang maghiwalay ang mga labi nila Randall at Noona.

Tulad pa rin ng dati ang ekspresyon ng mukha niya, nananatili itong blangko at walang reaksyon. Pero mararamdaman mo ang emosyon. Emosyong hindi mo mawari kung lungkot, pagkabigla o nasasaktan.

HINDI KO MAHULAAN.

Agad kong nilingon si Taguro at nakaramdam pa ako nang inis nung makitang nakatingin rin siya kay Randall.

Tutusukin ko na yang mga matang yan e!

Hindi na nagsalita pa si Randall at tuluyan ng sumakay sa kotse niya at saka umalis.

Ganyan nga Randall. Alamin mo kung sino ang sa'yo at kung sino ang hindi sa'yo.' sabi ko sa isip ko na nakatingin sa dinaanan nila..

Nang walang anu-ano'y.

Nasaan na yun!?

"H-Hoy!" sigaw ko kay Taguro dahil hindi ko namalayang naglakad na siya papunta sa parking lot. **"H-Hoy Taguro!"** tawag ko ulit pero hindi niya ako nilingon.

Wala ka talagang kwenta! Ikaw na nga 'tong sinamahan ikaw pa 'tong nang-iiwan! Peste!

"H-Hoy Taguro!" sigaw ko pero hindi pa rin siya lumilingon at nagtuloy tuloy siya sa paglalakad papunta sa parking.

Tsk! Nakakainis!

Agad naman akong sumunod na sa paglalakad.

"Hoy Taguro! Hintayin mo ko!" sigaw ko. **"Hoy! M-Maxpein!"**

HUMINTO SIYA!

NAKANGITI siyang hinintay akong tuluyang lumapit sa kanya.

d>>_<<b

Yan! Yang ngiti'ng yan! Yang ngiting yan ang nakakapagpahina sa'kin! Peste!

Agad kong inalis ang pagkagulat sa mukha ko nung tuluyan akong makalapit sa kanya.

"A-Ano ba!? Ilang beses ba kita kailangang tawagin ha!? Napakabingi mo naman!" inis na salubong ko sa kanya.

"Tss pwede mo naman pala akong tawaging Maxpein, bakit puro ka pa rin Taguro ha?! Sen-su-i!?" nakangising tanong niya.

Sige, mang-inis ka pa! Kung yan ang paraan mo para hindi maipakitang nasasaktan ka sige pagbibigyan kita!

"Bakit bigla kang umalis kanina?" biglang seryosong tanong niya at natigilan naman agad ako.

"H-Ha??" wala sa sariling sambit ko.

"Kanina, bakit bigla kang umalis? Kararating mo lang umalis ka na."

"A-Ahh, kasi mukhang okay ka naman na k-kaya hindi na ko nagtagal pa."

"Mmm." tatangu-tangong sagot naman niya.

"B-Bakit nga pala nandito ka?" pilit na itinatago ang pag-aalalang tanong ko. Bumuntong-hininga naman agad siya at mabilis na iniiwas ang paningin nya sa'kin.

"Tss. Hindi muna kasi nagtatanong bago umalis." nakangisi pang sagot niya.

"Bakit ba kasi pwede mo namang sagotin na lang! Andami mo pang sinasabi!"

"Tss."

"A-Anong ngang nangyari sa'yo!?"

"Inatake ako ng ulcer."

"H-Ha?" tanong ko kahit ang totoo ay narinig ko naman.

"Inatake ako ng ulcer." pag-uulit niya.

"Bakit?!"

"Tss, anong bakit? E sa inatake ako e."

"Tch! Ano ba kasing ginawa mo!?"

"Kumain."

"Ha! Kung kumain ka sa tingin mo aatakihin ka pa ng ulcer!?"

"Mmm, iba iba naman ang klase ng ulcer e." seryosong sagot niya.

Iba iba ba yun?!

"Stomach ulcer daw ang tawag dun sabi Maxwell, umaatake isya after kumain."

"A-Ano daw ang cause non?!"

"Bacteria daw e, acidic daw ang stomach ko." blangko na naman ang mukhang sagot niya na tumingin pa sa tyan niya at saka muling tumingin sa'kin.

"B-Bakit ka daw nagkaganon?" tanong ko pero nagkibit balikat naman siya.

"Ang sabihin mo. Hindi mo kasi iniingatan ang sarili mo!" inis na sigaw ko at natigilan naman agad siya. Napaayos siya bigla ng tayo at inalis pa sa magkabilang bulsa ang mga kamay niya saka pinagkrus sa harap niya.

"At sino namang may sabi sa'yong hindi ko iniingatan ang sarili ko?" nakangising tanong niya.

"H-Ha?" utal na namang sambit ko!.

Demmit! Bakit kasi kailangan pang ngumiti!

Bumuntong-hininga siya at saka bahagyang lumapit pa sa'kin.

"Baka kailangan ko ng aruga mo??" nakangisi pang dagdag niya.

"A-Aruga?? What the heck!?"

"Alaga, care, concern, attentio---"

"Bakit ako!?" inis na pigil ko sa kanya.

"Eh bakit hindi!?"

"A-Ano!?"

"Tss tutal muka namang nag-aalala ka sa'kin, e bakit hindi na lang kaya ikaw ang mag-alaga sa'kin!?"

Hindi ako nakasagot sa kanya at kukurap kurap akong napatitig sa nakangisi niya pa ring mukha.

"A-Ano bang sinasabi mo dyan!?" inis kunwaring tanong ko dahil ayokong makita niyang naiilang ako. Ngumiwi naman agad ang mga labi niya.

"Mmm hindi ka naman siguro magmamadaling sumugod dito kung hindi ka nag-aalala di ba?"

"Ang k-kapal ng mukha mo---"

"Tsk tsk tsk, wag ka ng tumanggi. Okay lang naman sa'kin e."

"H-Hoy anong ibig mong sabihin ha?!"

"Bakit ba hindi mo na lang kasi amining nag-aalala ka sa'kin?" nakangisi pa ring tanong niya.

"Tch! S-Sino ka para alalahanin ko!? Ha!? Ha!?"

"Sino nga ba ako sa'yo?" nakangiting tanong niya na dahan dahang lumalapit sa'kin dahilan para mapaatras ako.

"B-Bakit ka lumalapit!?"

"Umamin ka na kasi Sensui."

"A-Ano nga kasing aaminin ko sa'yo!"

"Na nag-aalala ka sa'kin pero ayaw mo pang umamin." deretsong sagot niya habang nakatingin sa mga mata ko. **"Pero nakakapagtaka lang**

na matapos mong makita si Randall ay walang tanong tanong na nilayasan mo'ko."

NAPAHINTO AKO!

TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DU!

Pakshet! Napansin niya pa yun!?'

Mabilis kong inalis ang pagkagulat sa mukha ko at nagpanggap na balewala sakin ang sinabi niya.

"W-What did you say!?" tanong ko.

"Pumunta ka mag-isa dito para tignan ako---limang minuto matapos kong maconfine." nakangiting sagot niya. **"Kung may salamin lang ako, ihaharap ko yun sa'yo para makita mo ang itsura mo."** naatatawang sagot nya at nainis naman agad ako. Hindi ko siya sinagot ay salubong ang kilay na tinignan ko sya sa mukha. **"Kung nakita mo lang ang itsura mo matapos mo kaming makitang nagtatawanan ni Randall, ang asim, haha!"**

"S-Shut up."

"Sinasabi ko lang ang totoo." nakangiting sagot niya habang nakatingin pa rin sa mga mata ko.

One.

Two.

Three.

Four.

Five..

Five seconds siyang matamis na nakangiti habang nakatingin sa mga mata ko.

Ano bang ginagawa mo Taguro!!

"Bakit nga ba ganon ang naging reaksyon mo kanina ha Sensui??"

"Manahimik ka na."

"Wag mo sabihing."

"M-Manahimik ka na." pigil ang inis na sabi ko.

"Tsk tsk tsk, mukhang tama nga ang hinala ko ah---"

"Sinabi ng manahimik ka na e!" inis na sigaw ko at natigilan naman siya. **"Anong gusto mong palabasin ha!? Na kaya ako nagkakaganito ay d-dahil sa'yo?! Sinasabi mo bang kaya ako umalis don kanina ay dahil n-nagseselos ako kay Randall!?"** inis na tanong ko habang nakaturo pa sa ospital. **"Wag mo sabihin sa'king nasasabi mo ang lahat ng yan**

ngayon dahil iniisip mong." huminga ako ng malalim at pilit na pinapakalma ang sarili ko. **"may gusto ako sa'yo?"**

"Oo."

Talagang natigilan ako sa napakaderetsong sagot niyang yun.

Pakiramdam ko ay sasabog ang dibdib ko at pati na rin ang utak ko.

Pilit akong nangangapa ng sagot sa isip ko at naghahanap ng lakas ng loob sa sistema ko.

Hindi ko maibuka ang bibig ko at hindi ko na mapigilan ang nginig ng mga kamay ko.

Paano mo nalaman Taguro? Paano mo naramdaman? Ganon ka ba talaga katalino para pati puso ko ay mabasa mo?

Naiwan akong nakatingin sa kanya at hindi ko alam kung anong sasabihin ko. Nakatingin siya deretso sa mukha ko at seryoso na ang kaninang nakangiti niyang mukha.

"Kelan pa yan nagsimula?" seryosong tanong niya at parang binambo naman ang dibdib ko.

"H-Hindi ko alam." mahinang usal ko.

"Bakit ako?" seryoso pa ring tanong niya at mas lalong bumilis ang tibok ng puso ko.

"M-Mas hindi ko alam." kabado talagang tanong ko.

"Paano nangyari yan?"

"Hindi ko a-alam. Hindi ko alam. Hindi ko talaga alam." nilalamon ng kabang sagot ko. Pero ngayon, hindi ko na magawang tumingin sa mga mata niya.

Hindi ko na kayang labanan ang mga titig niya. Lahat ng balahibo sa katawan ko ay nagtatayuan. Nanghihina ang pandinig ko dahil sa sobrang lakas na tibok ng puso ko. Nanginginig na pati ang tuhod ko at pakiramdam ko ay anumang oras ay tutumba na ako.

"E paano mo nasabing ganyan nga?" tanong niya at muli naman akong napatingin sa kanya.

Nakangiti na naman siya..

Pilit kong tinitigan ang mga nakangiting mga mata'ng yun at pakiramdam ko ay inaakit ako ng mga matang yun na pasukin ko ang nilalaman ng utak niya. Parang sinasabi nun na sagutin ko ang mga tanong niya. Ang mga tinging yun rin ang nagpakalma sa nagkakagulo kong sistema.

"Hindi ko alam kung kalian, hindi ko alam kung bakit, hindi ko alam kung paano dahil ang alam ko lang, meron. Meron akong

nararamdaman para sa'yo." wala sa sariling naiusal ko.

OceanofPDF.com

CHAPTER 107 : INTERHIGH

MAX'S POV

Mula sa Memorial Park hanggang sa makarating kami ngayon sa Parking Lot ng SIS ay hindi na maganda ang pakiramdam ko. May unti-unting sumasakit sa tiyan ko at bawat kilos ko mas sumasakit 'to.

Ano bang nangyayari sa'kin!?

Pababa na sana kami nung bigla kong mamataan ang grupo ni Yago kasama si Hallyu at isang hindi ko kilalang lalaki.

Sino naman kaya yun!? At anong ginagawa nila dito?

Tumingin ako sa orasan sa kotse ni Randall at late na masyado.

Paniguradong wala ng game, ano pang ginagawa nila dito?

Paulit-ulit ang ginagawa nila Yago.

Paikot ikot sa mga motor nilang nakapark mismo sa daan papasok sa gate. Ganyan talaga sila kasiga. Inaakbayan ang mga babaeng dumadaan at pinagtatawanan ang mga lalaking nakukursunadahan.

Kung nandito sila para manggulo, tsk! Ano namang magagawa ng isang mayabang lang na tulad ko!? Wag naman sana silang manggulo dahil hindi ko maintindihan kung anong nangyayari sa tiyan ko!

"So paano 'tong mga drinks mo? Pein?"

Agad na pumasok sa isip ko si Sensui.

Muli akong napatingin sa orasan. 5:29pm.

'Kaninang 4pm pa ang laro nila kaya paniguradong tapos na yun! Siguro naman nakauwi na yun. Sana nga nakauwi na siya, dahil bukod sa kanya wala akong ibang kilalang pwedeng maging dahilan kung bakit nandito ang grupong yan.

"Hey. Pein? Who are they? Pein?"

"H-Ha?"

Hindi ko namalayang tinatawag pala ako ni Randall. Hindi ko maalis ang paningin ko sa grupo nila Yago na mukhang may inaabangan sa labas ng gate ng SIS.

"I was calling you three times---"

"I'm sorry." paumanhin ko sa kanya habang nakahawak pa rin sa tiyan ko at pilit na iniipit yun twing hihilab sa sakit.

"Who are they?" tanong niya saka itinuro ang grupo nila Yago.

"Ha?"

"Yung mga taong yun, sino sila?"

"Pwede mo bang tawagan si Naih?" pag-iiba ko sa usapan.

"Okay ka lang ba?" biglang tanong niya at hindi ko naman siya sinagot. Tumingin pa siya muli kina Yago at saka ulit tumingin sa'kin at inilabas ang cellphone niya. **"S-Sige."**

"Hello?" si Naih. **"Hoy Maxpein! Bakit magkasama kayo ni Randall ha?! Anak ng, kanina ka pa namin hinahanap, alam mo ba yun ha?! Mukha kaming tanga kakahanap sa'yo---inabot kami ng anong oras oh? Tapos kasama mo lang pala si Randall! Hindi ka man lang nagsabi! Hindi namin alam kung san ka tatawagan dahil mayabang ka lang at wala kang cellphone!"**

"Tss, pwede bang manahimik ka muna?" seryosong tanong ko sa kanya. **"Kasama mo ba si Maxwell??"**

"Tsh! Sa'kin ka tumawag tapos si Maxwell hinahanap mo!? Ang sweet sweet mo talaga! Hindi ko siya kasama! Naghiwalay kami kasi nga pareho kaming hinahanap ka!"

"I see, pwede mo ba siyang tawagan? Pakisabing magkita kami dito sa labas ng SIS in less than 2 minutes."

"Wow ah!? Hindi ka man lang ba muna magsosorry sa ginawa mo sa'kin!? Talagang uutusan mo na agad ako?! Ang sarap sarap mo talagang kaibigan Maxpein! Ano Mahal na Reyna!? Ngayon ko na ba tatawagan!? Ngayon ko na ba sasabihin ang inyo'ng mensahe'ng nais iparating sa Mahal na Hari----"

"Oo dahil ayokong maghintay! Sabihin mo na sa kanya dahil kung dadaldal ka pa dyan e lalo lang siyang matatagalan! Marami akong pasalubong sa'yo kaya kumilos ka na!" sigaw ko agad sa kanya.

"Demanding?! Baka nakikiusap ka lang hoy! Ako pa mag-aadjust!?"

"Tss, bilisan mo. Sige!" sigaw ko at saka ko ibinaba.

Demmit ano ba 'tong masakit na 'to?

"Hahaha, bakit nagsisigawan kayo?" tanong ni Randall matapos kong isauli ang cellphone niya.

"Tss, sigaw siya ng sigaw e. Kanina nya pa daw ako hinahanap."

"Ahh, so hindi nabanggit sa kanya nila Deib na magkasama tayo at niyaya kita?"

"Maybe." maikling sagot ko, ngumiti naman siya bilang ganti at umasta'ng bababa ng sasakyan kaya naman agad ko siyang pinigilan. **"Dyan ka lang.."**

"Ha??" takang tanong niya.

"Wag kang bababa, dyan ka lang." seryosong sagot ko.

"Bakit?? Ibababa ko lang yung mga gamit mo---"

"Dyan ka lang."

"Pero---"

"Bababa tayo after 2 minutes." seryosong sabi ko at natigilan naman siya. Bakas ang pagtataka sa mga mata niya at naiintindihan ko naman siya.

Muli akong tumingin kila Mallyu at Yago at tulad pa rin kanina ang ginagawa nila.

Wag ngayon please.

Ilang segundo pa lang ang nakakalipas nung biglang sumakit ng mas matindi ang tiyan ko dahilan para hindi ako mapakali sa kinauupuan ko.

King ina ano ba kasi 'to! Ano ba yung mga pinakain sa'kin nito at nagkaganito ang tiyan ko! Argh, aray!

"Pein. Are you okay??" bakas ang pag-aalala sa tono ni Randall pero pilit akong hindi nagpahalata sa kanya.

Konting tiis Pein.

Pero.

'Aah---aray!'

"Pein are you okay?? Pinagpapawisan ka."

"I-I'm okay."

"Pero bakit parang balisa ka? M-May masakit ba sa'yo?? Pein. I'll take you to the hospital. Hold on, okay?" nag-aalalang sabi ni Randall at tumango naman na ako bilang sagot dahil.

HINDI KO NA TALAGA KAYA!!

Pakiramdam ko ay andami daming laman ng tyan ko at parang busog na busog ako kahit kakakaunti naman kumpara sa normal na kain ko yung mga kinain ko kanina!. Nagkataon lang talagang bago yun sa tiyan at panglasa ko pero hindi naman nangyari sa'kin 'to sa mga unang nakain ko na first time kong matikman.

Nakakainis!

Mabilis na nagmaneho si Randall at maya maya lang ay nasa SISH na kami. Agad kaming sinalubong ng mga nurses matapos siyang makita.

"Doc Randall." salubong ng isang nurse.

"Nurse pakikuha ang gown at stet ko salamat." baling ni Randall dun sa isa pang nurse.

"Yes Doc."

"Pein tell me, saan ang masakit??" nag-aalalang tanong sakin ni Randall habang inaalalayan ako pahiga sa stretcher. **"Dahan dahan---dahan dahan lang. Saan ang masakit?"**

"D-Dito." turo ko sa bandang itaas ng tiyan ko.

"Gano kasakit?"

"M-Masakit na masakit---"

"Ano pa?" tanong niya habang tinutulungan siya nung nurse na isuot ang puting gown niya na pangdoktor at yung stethoscope niya.

"F-Feeling ko umaakyat yung kinain ko sa lalamunan ko, para akong masusuka, masakit masyado yung t-tyan ko, d-dito banda. A-Argh."

"Pein do you have ulcer??"

"Y-Yes."

"Tsk." salubong ang kilay na saring niya sa'kin at saka bumaling sa nurse. **"Nurse Eba, please take her Vital Signs."**

"Yes Doc."

"Tatawagan ko si Maxwell." baling niya sa'kin at tinanguan ko naman agad siya.

Mabilis akong dinala sa isang area nung E.R. ng mga nurses at pinalipat sa kama.

Mabilis na kumilos ang mga nurses at ininiksyunan ako ng kung anu-ano.

At ilang minuto lang ang nakalipas.

"Where is she?!"

Eh!?

Dinig ko na ang malakas na boses ni Maxwell at ilang segundo lang ay bumukas ang mga nakaharang na kurtina sa harap ng kama ko.

"What happened to you?!" nag-aalala munit bakas ang galit na tanong ni Maxwell habang tinitignan ako mula ulo hanggang paa! Saka siya lumapit sa'kin.

"Maxwell." biglang pasok ni Randall.

"What happened to her!?" galit na baling ni Maxwell sa kanya at nagharap naman sila.

"W-We were together earlier when suddenly she felt stomach ache so I brought her here---"

"What?" galit na tanong ni Maxwell sa kanya. **"Diagnosis!?"**

"Gastric Ulcer Type 1." sagot ni Randall sa kanya. **"She experienced gnawing pain about half an hour after taking a meal. Positive heartburn, nausea and vomiting---"**

"What's the cause?!" biglang singit ni Maxwell.

"Helicobacter pylori."

d-.-b

WTF are they talking about?!

"Are you taking any pain medications Pein??" salubong pa rin ang kilay na tanong sakin ni Maxwell.

"No pwera na lang nung mga time na naoospital ako, binibigyan ako ng pain med---"

"Include NSAIDS." baling ni Maxwell kay Randall na agad namang tumango sa kanya. Sabay silang naglakad palabas sa kurtina at kinausap ang nurse na sumalubong sa kanila na agad namang tumango sa kanila at at saka lumapit sa'kin.

"Good evening Ma'am." nakangiting bati sa'kin nung nurse at tinanguan ko naman siya. **"I'm Nurse Eba Linfer and I'm here to take you vital signs."**

"O-Okay."

Maya maya lang ay muli syang nakangiting tumingin sa'kin at nagsalita.

"May nararamdaman pa po ba kayong sakit Ma'am?" yung Nurse.

"M-Meron pa dito."

"From 1 to 10 pwede niyo po bang sabihin sa'kin kung gaano kasakit ang nararamdaman nyo? 10 po ang highest."

"9."

"Okay Ma'am, eto po ay pinapabigay ni Doc Maxwell, Ranitidine."

"O-Okay."

"Bukod po ba dito sa tiyan niyo ay may iba pa po kayong nararamdamang sakit sa ibang parte ng katawan niyo Ma'am?"

"W-Wala na s-salamat." sagot ko at agad naman siyang ngumiti sa'kin. Isang napakatamis na ngiti.

d"K-Kapatid po pala kayo ni D-Doc Maxwell?" biglang tanong niya at tinanguan ko naman agad siya. **"B-Buti na lang po at shift niya na hehehe."**

"Ahhm dito siya nakaduty ngayon?"

"Opo, siya ang Resident on Duty namin ngayon Ma'am."

"I see."

"Thanks Ma'am. Mmm kung may kailangan po kayo pakipress na lang yung button at mag-iilaw ang alarm ng bed niyo, pupuntahan ko po kayo."

"S-Sige thank you."

"Thank you rin po."

Ilang minuto na naman ang lumipas at muling bumalik si Randall saka naupo sa tabi ko.

"Are you okay now?"

"Mmm." sagot ko.

"Tskk, bakit naman kasi hindi mo sinabi sa'kin na may sakit ka palang ganyan??"

"H-Hindi rin kasi ako sigurado, ngayon na lang kasi ulit umatake 'to."

"Kahit na."

"A-Ano ba daw ang dahilan bakit biglang nagkaganon ako?" tanong ko.

"Mmm. After we consume food, yung stomach natin, it takes over in the process of breaking the food down for the body to extract nutrients and essentials, tama?" nakangiting tanong niya at tumango naman agad ako. **"Kung alam mo yung pangangasim kung tawagin ng iba, gastric acid yun, asido sa tyan natin. Gastric acid is produced by our stomach to digest food and fight the occasional bacteria which could prove detrimental to the body. As this gastric acid contains levels of hydrochloric and other acids, it is necessary to protect the stomach walls with a layer of thick mucus, kasi yung walls or linings ng stomach natin, manipis yun mababutas yun ng asido mo. E yung mucus, it acts to not only protect but to neutralize the acid before coming in contact with the stomach cell wall. Ulcers result when the acid permeates through the mucus layer and begins to erode the stomach cell wall creating an irritated pit or hole."** mahabang paliwanag niya at hindi naman ako nakasagot.

"Naintindihan mo??" dagdag tanong niya pa.

"Hindi mo ba pwedeng paikliin?" inis na tanong ko.

"Hahahaha! Okay. There's a naturally occurring production of excessive stomach acid in you which overwhelms your mucus lining. Your stomach is also failing to produce sufficient mucus to coat and protect your stomach wall. Masyadong nagproproduce ng asido yang tyan mo kaya nagagasgas."

"Okay." sagot ko na lang dahil wala akong maintindihan maski isa.

Tss, yun lang pala yun, andami pang ingles na sinabi. Ano nga bang sakit ko talaga?

WALA AKONG NAINTINDIHAN SA SINABI NIYA!

"Nag-alala ako sayo sobra.. buti nalang nadala kita agad dito. Masakit pa ba??"

"O-Okay na."

"Wala na talagang masakit?"

"Wala na---"

"Excuse me." sabay kaming napalingon ni Randall ng biglang pumasok si Maxwell. **"Ipapaliwanag ko lang sa'yo ang gamot mo---pero imomonitor ko pa rin 'to. Hangga't maaari ako mismo ang magsusubo sa'yo para siguradong maiinom mo."** salubong pa rin ang kilay na sabi niya sa'kin.

"A-Arasseo."

"Wala ka namang allegry sa mga gamot di ba??"

"W-Wal.."

"Mmm eto una, Flagyl. Metronidazole rin ang tawag dito, this one's to treat the bacteria inside your stomach. Antibiotic 'to pero hindi 'to basta basta tulad ng Mefenamic Acid mo inumin mo, 1-2hours after meals four times a day, wag mong dudurugin o ngunguyain, basta lunok lang. Skipping doses may also increase your risk of further infection that is resistant to antibiotics and also, please Pein, do not drink alcohol while you are taking Flagyl and for at least 3 days after you stop taking it..\ You may have unpleasant side effects---"

"Tss."

"Just listen to me!" galit na sigaw niya at natahimik naman ako, bumuntong hininga pa muna siya bago magtuloy sa pagsasalita.

"Eto naman ang Zantac o Ranitidine, yung binigay sayo kanina ay via injection, eto rin yun pero eto tablet na, iinumin mo na lang. Baka

pumalya ka pa!?"

"H-Hindi."

"Drink it at bedtime." masungit na sabi niya pa at tumango naman agad ako. **"Maya maya lang makakauwi ka na, aayusin ko lang ang bills mo."**

"Thank you."

"He's your Doctor not me." masungit na sabi niya at saka lumabas ng kurtina.

Nagkatinginan naman kami ni Randall at saka kami sabay na natawa.

"Hahaha!" mahinang tawa namin nung wala na si Maxwell.

"Ang weird talaga nung mokong na yun." si Randall.

"Tss galit na galit e."

"He's just worried."

"Hindi ko naman ginusto 'to e hahaha."

"Oo nga pero syempre, hindi mo maalis sa kanya yung mag-alala sa'yo."

"Tss hindi naman pala siya ang doktor ko e, bakit siya ang putak ng putak dito!?"

"Hahahaha ipinaubaya ko na sa kanya. Dahil kung sasabayan ko ang init ng ulo nya at yung pag-aalala niya. Malamang baka mabanatan na ako nun haha! Yung mga nurse nga ay pinagalitan nya pa dun sa station! Crazy."

"May sapak rin e."

"Ayaw niya ng maingay at magulo pero sa ospital siya nagtrabaho? Ang tino talaga niyang kapatid mo hahahahahaha!"

"Hahahaha!" sabay kaming natawa dahil totoo ang sinabi niya.

Ayaw ni Maxwell ng maingay at mas ayaw niya ng magulo. Pero yung pinagtratrabahuhan nya mismo ay magulo at minsan maingay. Nakakatawa rin kasi yung iniaasta niya ngayon dahil hindi mo siya makikitang tumatawa.

Palibhasa nandito si Randall hehehehe.

"Andami daming sinasabi. sya rin naman pala ang magbabayad ng bills ko, kung pwede namang magsalita ng malumanay at magbayad na lang basta." dagdag ko pa.

"Hahahaha!" malakas na tawa ni Randall!

"Hahahahahaha!" nadala rin ako sa lakas ng tawa nya at sa naisip ko.

Nang biglang...

Biglang pumasok si SENSUI!

Ano namang ginagawa nito dito? Pano nya nalaman?

"D-Deib." gulat na usal ni Randall sa pangalan nya pero hindi siya kinibo ni Sensui. Nanatili syang nakatayo at nagpapalitan ng tingin sa'ming dalawa.

"Anong ginagawa mo dito?" tanong ko at parang nagulat pa siya.

"Deib." tawag ulit ni Randall sa kanya pero hindi pa rin siya kumibo. Nakatayo pa rin siya at nakatingin sa'kin.

Bakit ba parang gulat na gulat 'to? Anong nangyayari dyan?!

Nakakapagtaka lang talaga na pumasok siya dito ng nagmamadali, tapos ngayon ay hindi siya nagsasalita. Parang ang dating sa'kin ay hindi niya inaasahang makita kaming dalawa ni Randall na magkasama at nagtatawanan.

Hindi kaya?

Wag kang mag-isip ng ganyan Maxpein, baka hindi mo mapanindigan.

Taka na lang akong muling bumaling sa kanya at nagsalita.

"Tinatanong kita kung anong ginagawa mo dito??" seryosong tanong ko at mukhang natauhan naman siya at saka napatingin sa'kin..

Pero hindi pa rin siya nagsalita.

Nanatili siyang nakatingin sa'kin.

Nakatingin ng deretso sa mismong mga mata ko.

Anong nangyayari dito?!

Nang walang anu-ano'y..

UMALIS SIYA.

Abnormal..

"Anong nangyari don!?" takang tanong ni Randall at saglit pa akong napatingin sa pinanggalingan ni Sensui bago ako tumingin sa kanya.

"H-Hindi ko alam." usal ko.

"Ang weird."

Hindi ko na sinagot si Randall dahil muli akong napatingin sa linakaran ni Sensui.

Kahit kelan hindi kita maintindihan.

Ilang minuto pa ang nakalipas at dumating naman si Naih.

"Naih." bungad ni Randall sa kanya.

"Anong nangyari na naman dyan!? Sino na namang bumanat sa'yo!?"

"Ulcer ang kaso ko."

"Paano? Sangkatutak na bote yata yung pinag-iiinom mo! At eto namang Randall na 'to, talagang ako pa inutusan mong mag-uwi nun e no? Alam mo bang hirap na hirap akong buhatin lahat yun kaya ngayon lang ako ha?!"

"H-Hehehe. S-Sorry Naih---"

"Walang sorry sorry! Pucha magsosorry kung kelan nangyari na!? Wala!"

"H-Hoy." sita ko sa kanya.

"Oh ano?! King ina ka sige pa!! Gusto mo ng mamatay ha!? Gusto mo ng mamatay???" si Naih.

"Tss ang O.A. mo kahit kelan." taas ang kilay na singhal ko sa kanya.

"E paano kasi, imbes na nagfofocus ka sa laro mo---anong ginawa mo!? Gumala ka! Nakuha mo pang gumala palibhasa nanalo ka!"

"Hanggang ngayon ba hindi ka pa rin nakakamove on sa pagkatalo mo kay Sam ha!?" inis na tanong ko.

"Psh! Ikaw man ang matalo, malamang dadamdamin mo ulul! Lalo na't taga-SIS pa ang kasama mo! Letse!" sigaw niya na tumingin pa kay Randall, natawa naman ito sa kanya. **"Oh well.. ano nga bang nangyari sa'yo!?"**

"Ulcer nga!"

"Ulcer?!"

"Oo."

"May Gastric ulcer siya." sabat ni Randall.

"Ahh talaga??"

"Mmm.."

"Ano yun!?"

"Hahahahaha.. Stomach Ulcer."

"Aahhh pagastric gastric pa kasi e, ang hirap intindihin. Oh e anong nangyari na?!"

"Binigyan na namin siya ng gamot kaya naman okay na siya."

"Anong klaseng ulcer ba yan?! Mukhang hindi ka man lang pinahirapan! Tsk!" pigil ang tawa'ng biro niya pa.

"Oo sige lang kapag ikaw natalo pa bukas, pagtatawanan kita ng matinde!" pang-aasar ko sa kanya.

"Oo sige magyabang ka! Hindi kita lulutuan para lalo kang ulcer-in bwisit ka!"

"Ya! Bakit ba nagsisigawan kayo dyan ah!?" biglang pasok ni Maxwell! **"Nabubulabog nyo yung ibang pasyente, pwede ba!?"**

"Ang sungit naman neto! Pinagsasabihan ko lang 'tong kapatid mo okay!?" si Naih.

"Pwede mo namang pagsabihan ng mahina bakit kailangang ilakas pa." singhal ni Maxwell at saka muling lumabas. Sumunod naman si Randall sa kanya.

Bakit ba ang iinit ng ulo ng mga tao ngayon!?

"Napakasungit naman nun?" nakangusong sabi ni Naih na sinundan pa ng tingin si Maxwell saka muling bumaling sa'kin. **"E paanong hindi magsusungit yun!? Alam mo ba kung panong nag-alala yun kahahanap sayo kanina!? Yung motor mo iniwan mo pa! Wala ka pa namang cellphone!"**

"Kaya nga tinawagan kita e."

"Oo nga! Tumawag ka nga pero anong sabi mo?! Palabasin siya after two minutes!? Tapos paglabas nya hindi ka niya nakita! Nalaman na lang niya nung tinawagan niya si Randall kung nasan ka! Sinong hindi magagalit nun!"

Hindi na kumibo dahil nakaramdam ako ng konting guilt sa nalaman kong yun.

"Bakit nga ba kasama mo yun!?" patungkol niya kay Randall.

"Nagpasama siya sa'kin sa puntod ni Tito."

"Sumama ka naman!?"

"Tss ano namang masama sa pagsama?"

"Yan, yang nangyari sa'yo matapos mong sumama. Ano?! Alam mo kasi ang hirap sa'yo ang labo mo na ngayon. Hoy. baka nakakalimutan mo!? Hindi porket nalaman mong inosente talaga si Randall dun sa nangyari sa inyo e may girlfriend pa rin siya?!"

"Hindi ko naman nakalimutan."

"Oh e bakit kung umasta ka parang limot mo na?! Nag-iisip ka ba?! Hindi mo ba naiisip na pwedeng masamain ng ibang tao yung pagsasama niyo ng kayong dalawa lang?! E baka nga kaya nagkakaganyan yang kapatid mo dahil nabadtrip rin siya sa ginawa mong pagsama kay Randall e!"

"Naisip ko naman yan mapilit lang talaga siya."

"Nagpapilit ka naman?! Psh! Ang sabihin mo hindi mo talaga siya matanggihan!"

"Sige ilakas mo pa! Baka gusto mong hawiin pa yung mga kurtina para dinig na dinig nila!"

"H-Hehhe sorry naman."

"Tss."

"Tsk.. pero eto ah, bilang kaibigan mo sa tingin ko dapat kong sabihin sa'yo 'to mas maigi kung iiwasan mo na lang munang sumama kay Randall dahil iisa lang ang dahila!! Ang pangit pangit tignan."

"Nang ano?" walang ganang tanong ko.

"Ayy ang sarap mo talagang kausap!" inis na singhal niya. **"Ang sinasabi ko dito e iwasan mo na si Randall! Baket!? Dahil may girlfriend na siya at ang pangit tignan na mag-ex kayo pero nagsasama pa rin kayo ng solo! Mag-isip ka nga! Ikaw man sa sitwasyon ni Dein, magagalit at magseselos ka e! Engot!"**

"Tss hindi ako ganun---"

"Ikaw yun! Hindi lahat ng tao ay katulad mong mag-isip Pein---"

"At hindi rin lahat ng tao ay tulad nilang mag-isip, kwits lang."

"Yan dyan ka magaling. Ang magdahilan! Ang sabihin mo, gusto mo rin kasi syang makasama!"

"Shut up."

"Psh! Oh. Bukas nga pala ay may laro ka agad sa umaga, hindi mo alam dahil wala ka kanina nung ipaskil yung schedule!"

"Oh? Mmm, anong school?"

"Eto." sabi niya at inilabas ang isang papel. **"Una ay Custodio Morales International School. 11am. si App Jan ang makakalaban mo. Tapos 1pm naman ay si Jona Monti ng Mardiya State University at 4pm naman ay si Ro Jen ng Pamjae Korean School International."**

"A-Ang dami naman?!" inis na tanong ko at nagkibit balikat naman agad siya.

"Doubles tayo."

"Ha?!"

"Mmm."

"Bakit?!"

"E yun ang sabi e, masyado daw tatagal yung laro kung single single."

"Anak ng---"

"Wag ka ng tumangge! At least ngayon hindi na ako kakabahan kasi alam kong tayong dalawa ang magkakampe!"

"Pero kaya mo naman silang talunin---"

"Alam ko." nakangusong sagot niya.

"Edi kahit wala ako, kaya mong lumaban ng hindi kinakabahan."

"Psh. Tsk! Ewan ko ba simula nung matalo ako kay Sam kanina pakiramdam ko bumagsak talaga ang confidence level ko.. idagdag mo pa yung mga pinagsasasabi nya after that. Ang sakit e, ang sakit! Ayoko na nga yatang pumunta sa interhigh bukas e haaayysss."

"Laro lang yun Naih."

"Oo nga, laro lang pero mahalaga sa'kin yun. I lost! I l-lost and failed myself."

"Tss dami mong arte."

"Tse! Nasasabi mo yan kasi nanalo ka---"

"Pero mas marami akong naging talo noon. Kaya kung nagmumukmok ka dahil natalo ka ni Sam ngayon, dapat pala ay mas magmukmok ako?? Tss hindi lang yata limang daang beses akong tinalo nun."

"O-Oo nga noh?" utal na usal niya at tumango naman ako.

"And look at me now?" nakangiting sabi ko na nakatingin pa sa mga mata niya.. **"Natalo ko siya di ba?? Kasi ginamit ko yung mga naging pagkatalo ko para manalo ako."**

"N-Natatakot kasi akong matalo ulit e."

"If you're afraid of losing, then you don't deserve to win." nakangiting sabi ko at natigilan naman siya.

"H-Ha?"

"You will always pass failures on your way to success." malumanay na sabi ko. **"At kung natalo ka man niya ngayon at matatalo pa, yun ay dahil pinaghirapan niya ring maging magaling. Kaya kung ako sa'yo, gamitin mo yung pagkatalo mo, para mas gumaling ka at sa huli. Ikaw ang manalo."**

"Sa tingin mo posible pa yun??"

"Tss oo naman. Ako nga di ba?? Ubos na laman ng bulsa ko pero hindi ko pa rin siya matalo. Nagpractice ako ginamit ko lahat ng pagkakamali at pagkatalo ko para mas mapaigi ko ang paraan ng paglalaro ko."

"E i-ikaw naman kasi yun e! Ikaw yun! Magkaiba tayo Pein e. Ikaw kasi m-may inborn talent ka na dyan, e ako?! Trained lang ako---"

"So what?"

"Samantha is the combination of both inborn talent and trained! Paano ko matatalo yun!? Parang ikaw, pinanganak kang may talent dyan. natrain ka pa. kaya matatalo mo talaga siya! E ako?! Pilit *l*ang yung paglalaro ko ng bilyar!" nakangusong sabi niya pa. **"Psh pero kahit papano naman, n-naniniwala rin akong matatalo ko rin siya.."**

"Yun naman pala e.. nagagawa mo ngang isiping matatalo mo siya e.. edi hindi imposibleng matalo mo talaga siya.."

"Psh! Hindi naman ganun kadale yun e! Mahirap siyang talunin! Kaya kahit naniniwala ako sa sarili kong matatalo ko siya.. alam kong hindi magiging madali---"

"Tss.. When you believe a thing.. believe it all the way.. implicitly and unquestionably.." sabi ko na tinapik pa siya sa kabilang balikat.

"Psh! Walt Disney?!"

"Yeah.. hehehe.."

"Tse!"

Maya maya..

"Hey."

Sabay kaming napalingon ni Naih at syang pasok naman nina Lee at Tob.

"What happened to you?" bakas ang pag-aalalang tanong ni Lee.

"A-Ahh.. i-inatake ako ng ulcer.."

"Ha?!"

"U-Ulcer.."

"Okay ka na ba?!" singit ni Tob.

"M-Mmm.. t-thanks.."

"Bakit wala yata yung leader nyo!?" singit ni Naih.

"Huh!?" si Lee.

"Si Senui!? Bakit wala yata sya!?"

"Galing na sya dito di ba?" baling ni Lee sakin at tinanguan ko naman sya.

"Oh e bakit wala?!" baling ni Naih sakin.

"Umalis agad e.. pagkarating e tumingin lang sakin tapos umalis na agad.. Hindi man lang nga nagsalita e.." sagot ko.

"Ha?! Talaga?! E bakit hindi kayo nagsabay sabay!? Bakit nauna sya!?"

"Sobrang pag-aalala hehehe.." si Tob.

Sabay sabay naman kaming napalingon sa kanya!

"A-Ahh.. h-hahaha.. s-sobrang p-pag-aalala.. k-kasi syempre.. kahit naman h-hindi pa sila totally f-friends ni M-Max.. k-kahit papano naman.. o-okay na rin sila kaya naman.. kahit ganun yun si D-Deib.. N-Nag-aalala pa rin naman yun sa mga k-kakilala nya h-hehehe.." utal utal na paliwanag ni Tob.

"Psh.. Palusot!" si Naih.

"H-Ha!? H-Hindi ah.. t-totoo yun.."

"E bakit nauutal ka?!"

"H-Hehehehe.. h-hindi kasi maayos ang isip ko ngayon.. h-hahaha! N-Naalog yata nung g-game namin kanina.."

"How was it?" singit ko.

"Ayun.. panolo hehehe.."

"Congrats.."

"Thanks.. h-hehehehe.."

"Are you okay now Max?" singit ulit ni Lee.

"Yeah.. Actually uuwi na rin ako maya maya.."

"I see.. nice to hear that.. Akala ko magsstay ka pa ng matagal.."

"Hindi na.. buti nga makakauwi ako agad e.. Andami ko palang kalaban bukas.. I mean kami ni Naih.." nakangiting sabi ko pa.

"Talaga!? Kami rin e.." singit na naman ni Tob.

"Manood kayo ng laro namin at manonood kami ng laro nyo.." singit naman ni Naih.

"Oo sige ba hahaha! Ichicheer ko pa kayo! Gooooo Tagurooo!!! Go Parrr----Ehem.. G-Go N-Naih pala.." napapahiyang sabi pa ni Tob.

"Hahahahahaha.." nagtawanan naman kami maliban sa taas-kilay na si Naih.

Ilang minuto ring nagtagal sina Lee at Tob doon at nagkwentuhan pa kami ng bahagya.. Wala silang ibang sinabi kung hindi ang purihin kami ni Naih at excited na daw silang manood sa laro naman bukas.

Maya maya lang ay kinakailangan na ring umuwi ni Naih dahil daw may padala ang Mom and Dad nya at wala sila Beka at Boy para kumuha if ever na dumating sa apartment yun..

Nanatili naman akong nakahiga at titingin tingin sa swero ko nung biglang pumasok si Randall na may dalang maliit na table na de gulong..

"Aalisin ko na yan.." nakangiting bungad nya sakin.

"Uuwi na daw ako?"

"Mmm.. magaling kasi ang doctor mo e.."

"Tss.. ang sungit naman.."

"Hahahaha minsan ganyan rin ako sa mga pasyente.. lalo na kung matitigas ang ulo'ng tulad mo.."

"A-Anong ikinatigas ng ulo ko? Lahat naman ng sinabi nyo sinunod ko ah---"

"Oh oh oh.. Biro lang e.."

"Tss.."

Nagkatinginan kami at sabay na nagngisian sa isa't isa ng biglang...

"Ano ba!? Hindi mo ba talaga makita! Maghanap kang maigi!"

Eh???

Sabay kaming napatingin ni Randall sa pinanggalingan nung malakas at pamilyar na boses na yun!

Si Dein ba yun?! Ano namang isinisigaw sigaw nun?!

"N-Noona.. c-calm down.."

Oh?? Si Sensui... na naman?? Tsk tsk..

"Nakakainis 'tong nurse na 'to dahil ilang minuto na hindi nya pa rin nahahanap si Randall! Randall Echavez ang pangalan ng pasyente! Anak sya ng may ari ng ospital na 'to pero hindi mo kilala---"

"D-Doc sorry po talaga pero wala po kasi talaga si Sir Randall sa patient's list namin---"

"Hanapin mo kasi!!!"

"P-Pero Doc.. Zyra Echavez lang po ang meron dito---"

"What!?"

"W-Wala po talaga si S-Sir Randall dito Doktora---"

"Dein.." dinig kong malumanay munit malakas na tawag ni Maxwell sa kanya. Agad naman akong tumayo at inayos ang damit ko. **"What are you doing!?"** tanong pa ni Maxwell.

"Looking for my boyfriend!? Why do you care?!" galit na sagot ni Dein. Naririnig ko sila kahit hindi ko sila nakikita at alam ko kung sinong nagsasalita.

"You're too loud.. there are patients---"

"I don't care! This is none of your business so please get out of my face!"

"Can't you ask the nurses calmly??" sarkastikong tanong ni Maxwell.

"Wala ka sabing pakialam okay!? Nag-aalala ako kaya ganito ako! Pwede ba!? Umalis ka nga sa harap ko!"

"You can't find him by using your mouth.. you have to find him using your eyes.."

"Shut up!"

"Tsh.. ang boyfriend mo ay kasama ko.." dinig naming sabi ni Maxwell at nagkatinginan naman kami ni Randall.

"W-What!?" gulat at takang tanong ni Noona sa kanya!

"Yeah.. nandon si Randall.." halatang inis na sabi ni Maxwell. **"Nandon sya kaya hindi mo na kailangang mag-eskandalo pa.."**

Now this is great..

"I don't know why she's here.." mahinang sabi sakin ni Randall na parang nanlumo bigla.

"Puntahan mo na.." mahinang sabi ko.

"Sige.. Okay ka na ba?"

"Mmm.. salamat.."

"P-Pasensya na.."

"Okay lang.." pilit ang ngiti'ng sabi ko at saka sinundan sya ng tingin palabas sa mga kurtina.

Gulo na naman 'to malamang.. Tsk..

Parang ngayon ramdam ko ng kailangan ko talagang magsisi dahil sumama pa ko sayo.. Tsk! Sinabi ko na nga ba e..

Tuluyan kong tinapos ang pag-aayos sa sarili ko at saka lumabas na rin ako.

"W-Why are you together!?" galit na tanong ni Dein na nagpapalit palit ng tingin sakin at kay Randall.

Halos ang lahat ng nandon ay nakatingin samin..

Yari na naman ako kay Maxwell neto.. Tsk!

"What are you doing here??" tanong naman pabalik ni Randall kay Dein.

"I said... why are you together!?" sigaw ni Dein.

"It's not what you think okay!? Why are you here!?" tanong ulit ni Randall!

"Bakit ba ako ang tinatanong mo---!!!"

"Just answer me!" biglang sigaw ni Randall dahilan para matigilan si Dein!

"Hey! Hey!" biglang singit ni Maxwell! **"Where the heeell do you think you are?! Huh!?"** inis na tanong nito na nagpapapalit-palit ang tingin kina Dein at Randall!

"Baka nakakalimutan mong doktor rin kami pareho!!" si Dein.

"Then act like one!" sigaw ni Maxwell sa kanya! **"Doctor nga kayo pero hindi nyo man lang naisip na nasa ospital kayo at nasa ER pa?! Get out!"**

"W-What??"

"I said.. get out!"

"Who are you to say that!?" pigil ang inis na tanong ni Randall kay Maxwell! **"I am the son of the owner---"**

"I am the Resident on Duty.. and I don't care who you are.. Leave this place quietly.. you're disturbing other patients.." malumanay munit may authority'ng sambit ni Maxwell dahilan para pare-pareho kaming matigilan.

E labanan pala ng mga doktor 'to e.. tara tara!! Sibat na Maxpein!

Nagkabiglaan pa nung biglang hilahin ni Randall si Dein sa kamay at akayin palabas! Hindi naman na pumiglas si Dein sa kanya..

Sinundan ko sila ng tingin hanggang sa tuluyan silang makalabas..

"Here.. take this home and drink it.. I'm begging you Pein.. take good care of your health.." biglang singit ni Maxwell sa harap ko. Bakas pa rin ang pag-aalala sa tono ng pananalita nya. **"Don't ever skip your meals again.. Arasseo?!?"**

"Keokjeongma hajima.. nan gwaenchanna.." sagot ko.

Translation: Don't worry, I'm alright..

"Hangsang meokgo! Ihae?!"

Translation: Eat a lot! Understand!?

"Ye.. ye.." tatangu-tango pang sagot ko at saka sumenyas na aalis na.

"Jalga.."

"Ye---"

Hindi naituloy ko na naituloy pa ang sasabihin ko dahil pagbaling ko sa kanan ko ay nagtama ang paningin namin ni Sensui.

Gulat naman syang napatingin sakin..

Gulat pa rin!? Tss..

Twing titignan ko sya parang nagugulat sya at nanlalaki pa ang mga singkit nyang mata! Naglakad ako palapit sa kanya at nung tuluyan na akong makalapit ay bahagya pa syang napaatras..

"Dangsineun mwoya??" nakangising tanong ko sa kanya.

Translation: What are you?

"E-Eh??"

"Tss.. Anong ginagawa mo dito?"

"Yan na naman?! Bakit ba laging yan na lang ang tanong mo sakin!!!!"

do_Ob???

E bakit naninigaw ka!?

"Ya!" biglang sigaw ni Maxwell at nagulat naman ako kaya naman tumingin lang ako kay Sensui at saka naglakad na paalis!

'Hapon na pero ang init pa rin ng ulo ng mga tao tsk tsk.. Lahat galit!'

Mabilis akong naglakad palabas ng E.R.

Pano naman kaya ako makakauwi neto!? Nasa BIS ang motor ko at si Naih ang nag-uwi?? Nakaduty naman daw si Maxwell dito kaya pa----....

"....." kusa akong napahinto sa pag-iisip ko at napahinto sa paglalakad ko. Ilang beses ko pang ikinurap kurap ang mga mata ko pero hindi ako pwedeng magkamali..

Natigilan ako dahil sa nakita ko..

Tama ang nakikita ko.. at hindi ako nagkakamali..

Mabilis na kumabog ang dibdib ko at pakiramdam ko ay mas bumibilis pa ito..

Dahan dahang hinawakan ni Randall ang magkabilang pisngi ni Dein.. hindi ko sila marinig dahil sa layo nila sakin.. Pero alam kong nag-uusap sila..

Nang walang anu-ano'y HINALIKAN ni Dein si Randall..

Yung sakit ng tyan ko p-parang umakyat sa d-dibdib ko ah? Tsk..

"Hoy Taguro!"

Wrong-timing talaga 'to kahit kailan..

"H-Hoy----"

Hindi ko alam kung bakit sya huminto sa pagtawag sakin.. dahil hindi ko na inalis pa ang paningin ko kila Randall at Dein..

Bakit kailangang makita ko pa ng harap harapan 'to???

"T-Taguro.."

Bakit ganito pa rin ang nararamdaman ko?

Meron sa loob loob ko ang kaunti pa ring kumikirot at kahit na alam kong nasasaktan ako ay hindi matanggap ng sarili ko kung bakit ko pa nararamdaman 'to. Maaaring isa sa mga dahilan ay dahil sa loob ng matagal na panaho'ng wala na kami ni Randall.. ngayon ko lang sila nasaksihan nang ganito..

At wala ka ng karapatang makaramdam pa ng ganyan Pein.. wala na..

"W-Wag mo na lang tignan kung g-ganyang nasasaktan ka.." hindi ko namalayan ang biglang paghawak ni Sensui mukha ko..

Hindi ko alam kung bakit hindi man lang ako nagulat..

Hindi man lang ako nabigla..

Hindi man lang ako nainis..

Hindi ako nailang..

Wala akong naramdaman..

Wala maski isa..

Hindi ko inaasahan ang ginawa nya pero hindi ko rin naman hinihiling na wag na nyang gawin..

Masyadong malapit ang mukha namin sa isa't isa pero wala akong nararamdamang kakaiba..

Nagtatama ang paningin naming dalawa pero pakiramdam ko ay lumalampas ang paningin ko sa kanya at nakikita ko pa rin sila..

Walang nabago sa nararamdaman ko sa kabila ng ginawa sakin ni Sensui.. Dahil kahit na anong gawin ko.. nakatatak na sa isip ko yung nakita kong ginagawa nila Dein at Randall.. Parang nakadikit na yun sa paningin ko kaya naman kahit ibang tao na ang nasa harap ko.. sila pa rin ang nakikita ko..

Ayoko ng ganitong pakiramdam.. gusto ko ng mawala 'to..

Dahan dahan kong hinawakan ang magkabilang braso ni Sensui at saka dahan dahan ring inalis yun..

"S-Sorry.." agad na usal nya, hindi ko naman sya sinagot.

Kung noon pakiramdam ko ay gumagaan ang pakiramdam ko twing malungkot ako at dumadating si Sensui sa tabi ko.. ngayon pagkalito ang tumatakbo sa isip ko..

Hindi ko maintindihan kung anong magiging papel mo sa buhay ko Sensui.. pero ginugulo mo masyado ang isip ko..

"Deib!" biglang tawag sa kanya ni Dein dahilan para lingunin nya sya. **"Kay Randall na ako sasabay.. umuwi ka na.."**

"S-Sige.." mahinang sagot ni Sensui.

"Mag-iingat ka.. umuwi ka na.." seryosong dagdag ni Dein at saka tumingin sakin at tumalikod.. **"Let's go hon.."** baling nya kay Randall na inalalayan pa syang makasakay ng kotse.

At saka nagtama ang paningin namin ni Randall..

Hindi ko na nagawang baguhin pa ang reaksyon sa mukha ko dahil tuluyan na syang tinalikuran ako at sumakay sa sasakyan nya.. Tinignan ko

pa ang sasakyan nya hanggang sa makaalis ito at saka ako naglakad papalayo ng ospital malapit palabas ng Parking Lot.

"H-Hoy! H-Hoy Taguro!" dinig kong tawag sakin ni Sensui pero wala ako sa wisyo'ng lingunin sya. Bumuntong-hininga pa muna ako bago magtuloy sa paglalakad. **"H-Hoy Taguro!!! Hoy Taguro! Hintayin mo ko!"** sigaw nya! **"Hoooooyy!!! M-Maxpein!!!!"**

Hindi ko alam kung bakit kusa akong napahinto nung marinig kong tawagin nya ako sa tunay kong pangalan..

Saka ko sya dahan dahang nilingon..

Hindi ko maiwasang mangiti nung makita ko na naman ang bahagya'ng pagkagulat nya matapos kong lingunin sya..

Hindi ko alam kung eto ang unang beses na tinawag mo ako sa buo'ng pangalan ko.. pero pakiramdam ko.. eto ang una..

"A-Ano ba!? Ilang beses ba kita kailangang tawagin ha!? Napakabingi mo naman!" inis sabi nya pagkalapit nya sakin..

"Tss.. pwede mo naman pala akong tawagi'ng Maxpein.. bakit puro ka pa rin Taguro ha?! Sen-su-i!?" pang-aasar ko sa kanya at hindi naman sya nakasagot! Hindi ko maipaliwanag ang biglang nakakatawang pakiramdam na naramdaman ko sa iniasta nyang yun.. kaya naman inayos ko ang sarili ko at saka bumaling ulit sa kanya. **"Bakit bigla kang umalis kanina?"**

"H-Ha??"

"Kanina.. bakit bigla kang umalis? Kararating mo lang.. umalis ka na.." seryosong tanong ko.

"A-Ahh.. k-kasi m-mukhang okay ka naman na k-kaya hindi na ko nagtagal pa.."

"Mmm.."

"B-Bakit nga pala nandito ka??"

"Tss.. Hindi muna kasi nagtatanong bago umalis.." nakangisi'ng bulong ko.

"Bakit ba kasi pwede mo namang sagotin na lang! Andami mo pang sinasabi!"

Akalain mong narinig nya pa yun!?

"Tss.."

"A-Anong ngang nangyari sayo!?"

"Inatake ako ng ulcer.."

"H-Ha??"

d-.-b

"Inatake ako ng ulcer.."

"Bakit?!"

"Tss.. anong bakit? E sa inatake ako e.."

"Tch! Ano ba kasing ginawa mo!?"

"Kumain.."

"Ha! Kung kumain ka sa tingin mo aatakihin ka pa ng ulcer!?"

"Mmm.. iba iba naman ang klase ng ulcer e.. Stomach ulcer daw ang tawag dun sabi Maxwell.. umaatake sya after kumain.."

"A-Ano daw ang cause non?!"

"Bacteria daw e.. acidic daw ang stomach ko.."

"B-Bakit ka daw nagkaganon?" tanong nya at nagkibit-balikat naman ako. **"Ang sabihin mo... H-Hindi mo kasi iniingatan ang sarili mo!"**

Bahagya akong napatingin sa kanya sa lakas ng sigaw nya! Saka ako umayos sa pagkakatayo ko at mas tumitig sa kanya.

Pano ba dapat ingatan ang sarili Sensui?

"At sino namang may sabi sayong hindi ko iniingatan ang sarili ko?" nakangising tanong ko.

"H-Ha??" utal na namang sambit nya. Bumuntong-hininga ako at saka bahagya'ng lumapit pa sa kanya.

"Baka kailangan ko ng aruga mo??"

"A-Aruga?? What the heck!?"

"Alaga.. care.. concern.. attentio---"

"Bakit ako!?"

"Eh bakit hindi!?"

"A-Ano!?"

"Tss.. tutal muka namang nag-aalala ka sakin.. e bakit hindi na lang kaya ikaw ang mag-alaga sakin!?"

"A-Ano bang sinasabi mo dyan!?"

"Mmm.. hindi ka naman siguro magmamadaling sumugod dito kung.. hindi ka nag-aalala di ba??"

"Ang k-kapal ng mukha mo---"

"Tsk tsk tsk.. wag ka ng tumangge.. Okay lang naman sakin e.."

"H-Hoy anong ibig mong sabihin ha?!"

"Bakit ba hindi mo na lang kasi amining nag-aalala ka sakin??"

"Tch! S-Sino ka para alalahanin ko!? Ha!? Ha!?"

"Sino nga ba ako sayo?" nakangiting tanong ko na dahan dahang lumalapit sa kanya dahilan para mapaatras sya!

Tignan nga natin ang tatag ng loob mo kapag ikaw naman ang pinagtripan ko..

"B-Bakit ka lumalapit!?"

"Umamin ka na kasi Sensui.." panunukso ko sa kanya habang dahan dahan paring naglalakad papalapit sa kanya!

"A-Ano nga kasing aaminin ko sayo!!!"

"Na nag-aalala ka sakin pero ayaw mo pang umamin.." deretsong sagot nya habang nakatingin sa mga mata ko. **"Pero nakakapagtaka lang na.. matapos mong makita si Randall ay walang tanong tanong na nilayasan mo ko.."**

"W-What did you say!?"

"Pumunta ka mag-isa dito para tignan ako---limang minuto matapos kong maconfine.. Kung may salamin lang ako.. ihaharap ko yun sayo para makita mo ang itsura mo.." naatatawang sagot ko at bakas naman ang pagkapikon sa muka nya. **"Kung nakita mo lang ang itsura mo matapos mo kaming makitang nagtatawanan ni Randall.. ang asim.. haha!"**

"S-Shut up.."

"Sinasabi ko lang ang totoo.." pang-aasar ko pa at hindi sya nakasagot..

Nanatili akong nakangisi habang nakatingin sa kanya at nanatli naman syang bahagya'ng nakanganga habang salubong ang kilay pa ring nakatingin sakin! Saka ako huminto sa paglalakad malapit na malapit sa kanya.

"Bakit nga ba ganon ang naging reaksyon mo kanina ha Sensui??"

"Manahimik ka na.."

"Wag mo sabihing.."

"M-Manahimik ka na.." pigil ang inis na sabi nya!

"Tsk tsk tsk.. mukhang tama nga ang hinala ko ah---"

"Sinabi ng manahimik ka na e!!" sigaw nya at natigilan naman ako!

Napikon nga ata..

"Anong gusto mong palabasin ha!? Na k-kaya ako nagkakaganito ay d-dahil sayo?! Sinasabi mo bang.. k-kaya ako umalis don kanina ay dahil n-nagseselos ako kay Randall!? W-Wag mo s-sabihin saking nasasabi mo ang l-lahat ng yan ngayon dahil iniisip mong.." huminga sya ng malalim.. **"..m-may gusto ako sayo??"**

"Oo..."

Hindi mapipikon yan hahahaha lakas lakas mang-asar at mambuyo nyan e.. tapos sya pa pikon!? Sige lang.. tignan lang natin kung hanggang kelan ka nya matatagalang asarin! Hehehehe!

"Kelan pa yan nagsimula??" seryoso kunwaring tanong ko.

"H-Hindi ko alam.."

"Bakit ako??"

"M-Mas hindi ko alam.."

"Pano nangyari yan??"

"H-Hindi ko a-alam.. H-Hindi ko alam.. H-Hindi ko t-talaga alam.."

"E pano mo nasabing *'ganyan'* nga?" pigil ang tawag munit nakangisi pa ring tanong ko pero...

Kusa akong natigilan nung mapansin kong biglang sumeryoso ang mukha nya habang salubong pa rin ang kilay nya at bahagyang nanginginig pa ang mga labi nya.. Kitang kita ko pa kung paanong sunod sunod ang naging paglunok nya.

WTF??

"H-Hindi ko alam kung kailan.. h-hindi ko alam kung bakit.. h-hindi ko alam kung p-pano d-dahil ang alam ko lang.. m-meron.. M-Meron akong nararamdaman para sayo.."

"Eh!?"

Tumindig ang lahat ng balahibo ko nung marinig ko ang sinabing yun ni Sensui!!!!

Bahagya pa akong natulala sa kanya matapos kong marinig yun..

Kung tulog ako, gisingin ako ngayon na!

H-Hindi ko alam kung kailan.. h-hindi ko alam kung bakit.. h-hindi ko alam kung p-pano d-dahil ang alam ko lang.. m-meron.. M-Meron akong nararamdaman para sayo..

WTF??? Nahihibang na ba sya!?

"A-Alam ko hindi kapanipaniwala.. w-wag kang mag-alala dahil kung h-hindi ka makapaniwala.. mas lalo na ako.." seryoso munit may bahid pa rin ng kayabangang sabi nya dahilan para mapatingin ako ng ayos sa kanya.

Seryoso ba sya?! Nababalik na ba sya?!

"H-Hindi ko rin alam kung bakit n-nagkaganon bigla.." nakatingin sa kawalang dagdag nya pa. **"H-Hindi ko talaga alam kung kailan pa 'to**

nagsimula---at wag kang mag-imagine d-dahil s-sinubukan ko rin 'tong pigilan.."

HINDI AKO NAKAPAGSALITA!!!!!

Mabilis kong iniiwas ang paningin ko sa kanya at tumingin sa kung saan!

Hindi 'to totoo..

Ang paraan ng pagtingin nya sakin ngayon ay malayo sa paraan ng pagtingin nya sakin noon kung saan ramdam ko ang inis, galit, asar at kung anu-ano pang ipinapakita at ipinaparamdam nya sakin noon!

Ngayon.. ramdam ko ang lakas ng loob..

Ramdam ko sinseridad..

Ramdam ko ang kaba..

Ramdam ko ang pagiging totoo nya..

Pero hindi pwede'ng magkatotoo 'to.. Imposible.. imposible lahat ng sinasabi nya..

Hindi ko maintindihan ang pakiramdam! Ang sarili kong pakiramdam! Para akong binuhusan ng yelo matapos kong marining na sambitin nya ang mga katagang yun! Nagtayuan lahat ng balahibo ko at pakiramdam ko ay nawala ang lahat ng ingay sa paligid ko..

At tanging boses na lang nya ang naririnig ko..

Kasabay ng nakakakiliting haplos sa puso ko ay syang lakas ng kabog ng dibdib ko!

Bawat salitang binibitiwan nya tumatatak sa isip ko..

This is not real.. I must be dreaming!

"N-Naiintindihan kita.." muling usal nya at muli akong napatingin sa kanya. **"Wag kang mag-alala dahil n-naiintindihan kong s-speechless ka d-dahil.. ha!"** mayabang syang nagpakawala ng isang malakas na buntong-hininga at saka nakapamewang na humarap sakin.. **"..i-isang Deib Enrile??"** tanong nya pa habang nakaturo sa mukha nya! **"Ha!! Isang *'Deib Lohr Enrile'* lang naman ang nagpropose sayo ngayon---you really must be very very speechless! Trust me.. naiintindihan kita.."** nakangisi sa kayabangang usal nya pa.

Binigyan ko sya ng nagtatakang tingin munit hindi natinag nun ang maangas na tindig nya habang nakangising nakatingin sakin!

Siguraduhin mo lang na kaya mong panindigan yang kayabangan mo dahil di ka uubra sakin kapag ako ang nagyabang sayo.

Lalo akong kinakabahan sa mga naiisip ko at sa mga sinasabi nya pa! Mas bumibilis pa ang tibok ng puso ko twing bubuka ang bibig nya! Dahil

pakiramdam ko, anytime may sasabihin pa syang mas ikagugulat ko! At ayokong mangyari yun.. Dahil kapag nagkataon..

HINDI KO ALAM ANG ISASAGOT KO!!!!

Huminga ako ng malalim at saka seryosong tumingin sa kanya..

Pilit kong itinatago ang tunay na nararamdaman ko..

"I'm going crazy.. No.. I'm crazy!" mahinang usal nya pa habang nakahawak sa batok nya at nakangiti sa lupa.

Iiling iling pa syang tumingin sa lupa saka dahan dahang tumingin ulit sakin! Ramdam ko naman ang panlalaki ng paningin ko!

Hindi naman ako nagpahalata sa kanya..

"Yeah right.." mahina na namang sabi nya habang nakatingin ng deretso sakin! **"Nasabi ko na e! May magagawa pa ba ako?! Tch! Alam mo na.. dahil nasabi ko na.. at narinig mo na.. Alam na alam mo na.. W-Wala na akong dahilan para tumanggi pa---OO!"** biglang lakas na sabi nya na dinuro pa ako sa mukha!!!

Siraulo...

"Ha! Oo! Oo Taguro may *'gusto'* ako sayo!"

Ha! Oo! Oo Taguro may 'gusto' ako sayo!

Ha! Oo! Oo Taguro may 'gusto' ako sayo!

Yan ang trip! Aleluya!

Agad akong lumigon sa paligid at wala namang tao dahil may kaliwanagan sa bandang yun na kinatatayuan namin.

"A-At ngayon.. ngayong alam mo na ang n-nararamdaman ko---ngayong alam mo ng *'may gusto' a*ko sayo.." seryosong usal nya habang nakatingin ng deretso sa mga mata ko. **"..ayoko ng makita kang dumidikit kung kanikanino.."**

"P-Per----"

"Ooooooppp!!!!!" pigil nya sa sasabihin ko na idinikit pa ng bahagya ang hintuturo sa labi ko!!

"Hindi ko pa sinabing magsalita ka.." mayabang na sambit nya pa! At mabilis ko namang tinabig ang kamay nya! **"Patapusin mo muna ako.."** at saka sya nagpakawala ng isang matinding buntong-hininga! **"Ayoko ng sumasama ka kung kanikanino.. lalo'ng lalo na kay Randall na *'ex'* mo.. Ex mo na sya kaya wala ka ng dahilan para sumama ng sumama sa kanya.. at boyfriend sya ng kapatid ko okay!?"**

WTF???

Hindi ko maiwasang mapatingin ng nagtataka sa kanya! Nanlalaki ang mga mata ko at bahagya pa akong napanganga dahil hindi ako makapaniwala sa sinasabi nya!

"Pangalawa! Kailangang makasanayan mo na rin ang makita ako dahil simula ngayon.. maya't maya na kong lilitaw sa paningin mo.."

Hindi kaya ako naman ang tinitrip neto!?

"Pangatlo!! Kung isa ka don sa mga kinikilig dahil sa sweetness ko kay Kim.. wag kang mag-alala.. dahil triple o higit pa ang sweetness na ibibigay ko sayo----"

"Tss.."

"Wag mo kong dinadaan sa pa-*'Tss' 'Tss'* mo Taguro dahil seryoso ako.." seryoso ngang sabi nya at napalunok na lang ako! **"Hindi rin madali para sakin na aminin sayo ang nararamdaman ko dahil hambog ka.. p-pero dahil.."** sandali pa syang natigilan at mas tumingin sa mga mata ko habang biglang nagsalubong ang mga kilay nya. **"..pero dahil n-nasasaktan ako sa twing nakikita kong may k-kasama o kausap kang i-iba.. sa tingin tama na ring malaman mo ang nararamdaman ko.. b-baka sakaling.. m-maging sensitive ka at iwasan mo na sila.."**

MAS HINDI AKO MAKAPANIWALA SA SINABI NYANG YUN!

Napatingin ako sa mismong mga mata nya at pilit kong binabasa ang mga kilos nya pero wala akong mabasa kung hindi ang pagpapakatotoo nya!!!

What the heck are you saying... you freak!!

Pilit kong hinalukay ang laman ng utak ko pero parang walang nakaprograma sa sistema ko kung pano ako dapat magreact sa mga ganitong klase ng sitwasyon!

Pakiramdam ko ay bago sakin ang ganitong pangyayari kaya hindi ko alam kung anong dapat kong gawin!

Nalilito ako sa dapat kong maramdaman!

Hindi ko alam kung anong dapat kong isagot sa mga pinagsasasabi nya o kung dapat pa nga ba akong sumagot sa kanya!

"What?! Ha! Aren't you gonna say anything? You're free to talk now.." nakangisi at mayabang pa ring usal nya dahilan para bumalik ang atensyon ko sa kanya! "Ano?? Speechless ka?? Hahahaha!" tumawa sya ng malakas na lumingon pa kunwari sa likuran nya saka nakapamewang muling bumaling sakin! **"Dahil ba..... hindi mo inaasahang magkakagusto ako sayo??? Mmm.... dahil ba.... hindi mo**

inaasahang aamin ako sayo ngayon?? Tch.. you're very lucky.. You're lucky Taguro.. Dahil ang pangarap ng *'napakaraming'* babae.. may gusto sayo! Pero wag kang mag-alala.. dahil wala naman akong balak na ligawan ka.. Dahil kung ako ang tatanongin mo.. naniniwala pa rin akong.. kaya kong kalimutan 'tong kalokohang nararamdaman kong 'to sayo dahil-----"

"D-Deib.." usal ko sa pangalan nya at natigilan naman sya at napatingin sakin..

Yeah you're right.. you're crazy..

Salubong ang kilay ko namang iniiwas ang paningingin ko sa kanya at tumingin sa kawalan..

DEIB'S POV

"D-Deib.." si Taguro..

Aaahhh...

Hindi ko alam kung yun ang kauna-unahang beses na sinambit nya sa harap ko ang pangalan ko pero pakiramdam ko ngayon at eto ang unang beses kong marining yun.. at napakasarap sa pandinig!!!!

Hahahahahahahaha!!! Haaaaayyyy.. ang sarap sarap sa pakiramdam Taguro!!!

Para akong pinapalibutan ng mga puso.. hehehehehehehe!!!

"Deib!"

"O-Oh?" gulat na sagot ko matapos nya akong tawagin ulit!

"N-Nagbibiro lang ako.."

"H-Ha??" takang tanong ko.

"N-Nagbibiro lang ako.." ulit nya.

Taka naman akong tumingin sa kanya..

Nagbibiro!? A-Anong biro!? Wala naman syang nabanggit na biro!? Anong biro ang tinutukoy nya!?

"A-Ano?" muling tanong ko.

"N-Nagbibiro lang ako---umamin ka naman!"

Hindi agad ako nakapagsalita!!

Pilit kong inaalala ang mga sinabi ko at mga sinabi nya kanina at hindi ko maintindihan kung alin sa mga yun ang biro'ng tinutukoy nya!

"A-Anong biro?"

"Nagbibiro lang ako na nararamdaman kong may g-gusto ka sakin.. kaso umamin ka naman! Nababaliw ka na ba?!"

Nagbibiro lang sya? W-Wag nya sabihing simula umpisa biro lang lahat!?

Napatingin ako kay Taguro at ayun na naman yung nakakatakot na dating ng mata nya! Bakas ang pagkainis sa mukha nya at salubong na salubong ang kilay nya!

Galit ba sya?!

No.. No.. Bakit sya magagalit!? Dapat nga magpasalamat pa sya dahil nagpropropose ako sa kanya! At saka anong biro?? Wala naman biro dun sa mga sinasabi nya.. ano bang pinagsasasabi nya----

Hindi kaya???.....

Bwahahaha!!! Ang talino ko talaga!

May nakakalokong ngiti akong tumingin kay Taguro pero sa malayo sya nakatingin.. Magkakrus pa rin ang mga braso nya at salubong pa rin ang kilay nya!

Paniguradong nagpapahard to get lang 'to.. hahahahahaha! Ano pa nga ba?? Sya nga si Taguro di ba?! Kung ipapakita nya saking natatouch sya sa mga sinasabi ko malamang ay mapapahiya sya sakin! Mayabang sya kaya paniguradong hindi nya ipapakita sakin kinikilig sya!

Bwahaahaha!!!! Matalino 'to Taguro.. Hahahahahaha!

"Kung nagbibiro ka.. pwes ako hindi.. Dahil seryoso ako.. seryoso ako at sigurado na ako sa nararamdaman ko para sayo---"

"E sino bang may sabi sayong interesado ako sa nararamdaman mo??"

"A-Ano??" utal na tanong ko.

"Sino kakong me sabe sayong interesado ako sa nararamdaman mo!?"

"Y-You asked me a while ago---nakalimutan mo na agad?! Ha!" pigil ang inis na tanong ko. **"Ikaw 'tong nagtanong sakin kung kailan.. bakit at pano 'to nagsimula tapos g-ganyan ang sasabihin mo---"**

"E sino bang may sabi sayong umamin ka ha!?"

"E-Eh k-kusa akong n-napaamin e---"

"Nang dahil sa biro?! Tinotokshit mo ba ako!?"

"A-Anong---" hindi ko naituloy ang sasabihin ko dahil masyadong salubong ang kilay nya at bakas na bakas na talaga ang pagkainis sa kabuuan ng mukha nya! Deretso syang nakatingin sakin at tulad ng dati ay nakaramdam na naman ako ng pagkailang sa mga tingin nyang yun!

Mas naging mabilis ang tibok ng puso ko!

Mas mabilis kaysa kanina nung umamin ako sa kanya!

Dahil ngayon.. may halong takot na ang tibok na yun ng puso ko!!!

PAAAAAAAAAKKKSSSSHHHHEEEEETTTTT!!!!!!!

"H-Hahaha.. B-Bakit naman k-kasi h-hindi mo sinabi agad na n-nagbibiro ka lang??" pilit ang tawa'ng iniusal ko. Habang unti-unti'ng napapalitan ng pagkapahiya ang buong katauhan ko!!!

'Ang bobo mo Deib! Ang bobo bobo mo!'

Ramdam ko na talagang ang pagkapahiya sa buong katawan ko!

Biglang nanlambot ang mga tuhod ko at parang gusto ko ng maupo sa kinatatayuan ko!!!

Damn it!

"Kalimutan mo nalang na may pinag-usapan tayo sa gabi'ng 'to.. Uuwi nako.. umuwi ka na rin.." deretsong sabi nya sa mismong mukha ko at saka ako tinalikuran pero..

"T-Taguro.." pigil ko sa kanya at matagal bago sya muling lumingon sakin.. pero hindi sya nagsalita.. Salubong pa rin ang mga kilay na tumingin sya sakin. **"S-Sorry.. H-Hindi ko napigilan yung s-sarili ko e.."** dagdag ko at saka dahan dahang binitiwan ang braso nya. **"M-Maniwala ka man o hindi.. M-Matagal ko ring pinag-isipan 'to at h-hindi ko rin alam kung bakit biglang napaamin ako.. s-siguro nga nadala ako sa emosyon ko.. B-Bakit naman kasi h-hindi mo sinabing *'biro'* mo lang pala y-yun??? A-Anong malay ko na nagbibiro ka lang!? Alam mo ba kung gano katindi yung kaba ko habang tinatanong mo ko-----"**

"Pwede ba?"

Natigilan ako at napatingin sa kanya! Mas lalong bumakas ang pagkainis sa mukha nya!

"Tigilan mo na yang mga sinasabi mo.." dagdag nya pa.

"E-Eh sa eto talaga y-yung nararamdaman ko anong magagawa ko--"

"Tigilan mo na!"

"Bakit nga kasi!!!" inis na ring tanong ko!

"Dahil guni guni mo lang yan!"

WTF??

"W-What?!"

"T-Tigilan mo na yang pinagsasasabi mo dahil g-guni guni mo lang yan.." paglilinaw nya.

"A-Anong guni guni!?"

"Ang slow mo naman! Ang hirap mong kausapin ah!"

"H-Hanep ah?" kunwaring namamanghang usal ko at iniwas nya naman agad ang paningin nya! **"Ganyan ka ba talaga?!"** pigil ang inis na tanong ko sa kanya! **"A-Akala mo ba madali para sakin 'tong sinasabi ko?"**

"Kaya nga sinabi kong tigilan mo na di ba?!"

"Pano ko nga titigilan!? Pano!?" inis na talagang tanong ko!

"Edi sarilinin mo na lang!"

"Ha?!" hindi makapaniwalang tanong ko. **"S-Sarilinin!? Matapos kong umamin sayo---sasabihin mo saking *'sarilinin'* ko na lang!?"**

"Oo!" malakas na sagot nya! **"Dahil handa akong kalimutan lahat ng mga sinabi mo ngayon.."**

"B-Bakit??"

"Anong bakit?!"

"B-Bakit mo kalilimutan yung mga sinabi ko sayo ngayon?!" inis na tanong ko! **"Alam mo ba kung saan ako humugot ng lakas ng loob para lang sabihin yun!? Sabihin na nating nagkusa---pero Taguro naman! Napakahirap para saking sabihin yun----"**

"Tss.. nagkusa naman pala e.. Edi wag kang umastang parang kasalanan ko pa at napaamin ka.." bakas ang galit sa pananalita nya. Agad naman akong natigilan at bahagyang napaatras palayo sa kanya.

"H-Hindi kita maintindihan.."

"Dahil mahirap akong intindihin.."

"Oo.. napakahirap mong intindihin.. Dahil mas pinapairal mo yang kayabangan mo!"

"Hindi ako nagyayabang.. nagpapakatotoo lang ako.."

dO__Ob

Yeah right Deib.. nagpapakatotoo sya! Nagpapakatotoo sya at ikaw ang hindi makaramdam! Ang tinutukoy nya ay wala syang pakialam sa nararamdaman mo kaya manahimik ka na!

Nanginginig ang mga kamay at tuhod ko pero pilit ko yung nilabanan!

Hindi agad ako nagsalita dahil masyadong mabilis ang tibok ng puso ko at natatakot akong baka makaapekto yung sa emosyon ko at sumablay ang pananalita ko na pwedeng mauwi sa pagkapahiya ko..

Tama ka.. mahirap kang intindihin.. Pero mas mahirap intindihin 'tong nararamdaman ko.. Wala ka namang ginagawa pero nasasaktan ako.

"F-Fine.." pilit na pinapalakas ang loob na usal ko. **"Again.. I'm s-sorry.. masyado akong napadala sa emosyon ko nang hindi man lang**

naisip ang nararamdaman mo.. Nakalimutan kong ikaw nga pala si Taguro at wala kang pakialam sa mundo.." inayos ko ang tono ng pananalita ko para hindi nya maramdaman ang inis na nararamdaman ko munit sinuguro kong maayos ang tono ng boses ko. **"W-Wag kang m-mag-alala dahil wala akong balak na l-ligawan ka dahil alam kong m-mawawala rin 'tong nararamdaman ko kaya wag mo sana isiping g-guguluhin kita dahil sa nararamdaman ko.."**

Agad akong nakahinga ng maluwag matapos kong sabihin yun..

Pero...

Naiinis ako! Nababadtrip ako sayo! Badtrip ka!!!!!!

Hindi naman sya sumagot..

Sandali pa syang tumingin sakin at agad ko namang iniiwas ang paningin ko.. Ang ekspresyon ng mukha nya ngayon ay iba sa nakasanayan ko ng makita..

Ngayon ay para bang naiintindihan nya ang sinasabi ko..

Hindi na ako muling nagsalita pa at tumingin na lang ako sa kawalan habang ramdam ko pang nakatingin parin sya sakin..

"P-Pagod nako masyado.. h-hindi ko na maintindihan lahat ng sinasabi mo.. Mauna na akong umuwi---umuwi ka na rin---"

"Teka.."

"Ano na naman!"

"A-Ang init naman kasi ng ulo mo! Hindi mo ba ako pwedeng kausapin ng maayos ah!?"

"Matapos nung mga pinagsasasabi mo sa tingin mo makakausap kita ng maayos?! Tss.."

"A-Anong ibig sabihin??" pigil ang ngiti'ng tanong ko at hindi naman sya sumagot..

Hindi ko sya makakausap ng maayos dahil sa mga sinabi ko sa kanya!? Tsk tsk tsk.. kung ganon.. kinikilig sya?! Tama ba!? Hahahahahahaaha! Taguro.. Taguro.. Taguro.. ang tanga tanga mo talaga hehehehee..

"Wag kang mag-imagine.." mahinang usal nya.

"Hahahahahaha e d-double-meaning kasi yung mga sinasabi mo!"

"Maging literal kang mag-isip kapag ako ang kausap mo.."

"Masusunod.." nakangiting sagot ko at napatingin naman sya sa mukha ko.

"Uuwi nako.. umuwi ka na rin.."

"Ihahatid na kita.." nakangiti pa ring sagot ko.

"Hindi na.."

"Bakit?! May dala ka bang sasakyan?" tanong ko na luminga linga sa paligid ng kinatatayuan namin. **"Makakapagmotor ka pa ba?"**

"Hindi.."

"Edi ihahatid na nga kita---"

"Kaya ko.."

"Oo nga.. pero ihahatid na kita---"

"Kaya ko nga.." ulit nya na tinapik pa ang balikat ko at saka naglakad palayo.

"H-Hoy!" sigaw ko sa kanya at itinaas nya naman ang kaliwang kamay nya at saka kumaway!

Abnormal 'to kahit kailan!!!

Mabilis kong kinuha sa bulsa ko ang susi ng kotse ko at tinakbo ang kotse ko. Mabilis rin akong sumakay don at pinaandar yun at sinabayan ko sya..

"S-Sumakay ka na hoy.." pigil ang hiya pang sabi ko habang mabagal na pinapaandar ang kotse ko.

Parang nakangisi naman syang lumingon sakin at saka muling tumingin sa dinadaanan nya.

"H-Hoy.. sumakay ka na sabi.. Late na.."

"Kaya kong umuwi mag-isa kaya umuwi ka na.."

"Wag ka ng magpahard to get.. ihahatid lang naman kita okay?"

"Tss.. wag ka ring makulet dahil kaya ko namang umuwi'ng mag-isa okay?!"

"Sasakay ka ba o isasakay pa kita?!" inis na tanong ko at huminto naman sya sa paglalakad nya.

Nakangiti syang iniharang ang magkabilang kamay nya sa pinto at bintana ng kotse ko at saka nakangiting tumingin sakin..

"Wag ka masyadong mag-alala dahil makikita mo pa ako bukas ha?? Ingat.." sabi nya at saka tinapik ang pinto ng kotse ko.

Nakakalokong tingin pa ang iniwan nya sakin bago pumara ng taxi at mabilis na sumakay doon!

Demmit! Bakit ba ganyan ang ugali mo! Peste!

Inis akong sinundan ng tingin yung taxi na sinakyan nya! Mabilis ko naman 'tong sinundan!

Hindi ko sya sinusundan! Nagkataon lang talagang iisang way lang ang daan namin pauwi!

San kaya nakatira 'to!? Tsk! Daming arte! Kunwari pang ayaw magpahatid! Tch!

Mabilis na tumakbo ang oras at kinakailangan ko ng lumiko dahil village na kami.. pinagmasdan ko pa ang taxi'ng sinasakyan nya na tuloy tuloy sa pagderetso at saka ako lumiko pauwi..

"Oh bakit ngayon ka lang!?" bungad sakin ni Noona, naupo naman muna ako sa sofa bago tumingin sa kanya.

"May kinausap pako.."

"Sino?!"

Sasabihin ko ba sa kanya?!

"K-Kakilala lang.."

"Si Max?!"

"Kasama mo si Max baby!? Yiiiieeee..." si Mommy.

"O-Oo.." mahinang sabi ko.

"Psh! At bakit!?" halatang inis na tanong ni Noona at inis naman akong tinignan sya!

"At bakit hindi!?" inis na tanong ko!

"Oo nga naman Dein iha? Masama bang kausapin ng baby ko si Maxi?? Hihihihi---"

"Mom!?"

"Ha? Why iha??" takang tanong ni Mom kay Noona.

"Psh!" singhal nya at saka tumayo at naglakad paakyat!

"Don't mind her.. she's just tired hehehe.. so what happened?!" nakangitinging tanong sakin ni Mommy at kinuwento ko naman sa kanya ang nangyari. Nag-alala sya para kay Taguro pero pinaliwanag kong okay na sya ngayon. Hindi ko naman na binanggit sa kanya yung pag-amin na ginawa ko kay Taguro tungkol sa nararamdaman ko dahil natatakot rin akong tuksuhin nya ako lalo at ayokong makarating kay Noona..

Maige na munang kaming dalawa lang ang nakakaalam.. Heheheheehe.. mas sweet yun hehehehe!

Matapos nung usapan namin ay umakyat ako sa kwarto ko..

Nagpahinga saglit at saka naligo..

Maya maya pa ay bumaba ako at uminom ng tubig..

Papasok na sana ako sa kwarto ko ng biglang makita ko si Noona sa veranda ng second floor.. Agad naman akong lumapit sa kanya..

"**What are you doing here?"** takang tanong ko at nilingon nya naman ako at siniringan..

"What are *'you'* doing here!?" inis na tanong nya!

"Tch! Ang sungit mo!" inis na singhal ko.

"Dahil hindi ko parin maintindihan hanggang ngayon kung bakit kailangang makipag-usap ka pa rin don sa babae'ng yun!"

"A-At hindi ko rin maintindihan Noona kung bakit kailangang umasta ka pa ng ganyan!? Alam ko na lahat di ba? If I'm not mistaken, you want me to avoid her dahil ayaw mong malaman kong *'sya'* ang ex-girlfriend ni Randall na tinutukoy mo kahit na wala naman akong p-pakialam kung sya ang ex nya o hindi! Ngayong alam ko na lahat at hindi na kami magkaaway----gusto mo pa ring layuan ko sya?!"

"Psh.. you don't know her Deib---"

"And you do?!" inis na tanong ko at napatingin naman agad sya sakin na salubong ang kilay nya!

"I know her *'better'* than you do.."

"Then tell me what is *'it'* that you know that I do not know.. bakit ganyan ka na lang kadesididong palayuin ako sa kanya!?"

"W-Why are you talking t-this way Deib?!" parang nagtatakang tanong nya!

Konting ingat dre.. mahahalata tayo e!

"W-What??" maang-maangang tanong ko.

"Why are you covering her!?"

"C-Covering!? With what?! Ha!"

"Hindi ba?!"

"Hindi!"

"Feeling ko kasi.. mas kinakampihan mo sya kaysa sakin.."

"Alam mo Noona!? Paranoid ka! Tch! Kinakampihan?! Bakit ko sya kakampihan?! Wala akong kinakampihan sa inyo! Nagkataon lang talagang hindi ko maintindihan kung ano pang dahilan mo para palayuin ako sa k-kanya.."

"Dahil nga ayaw ko sa kanya! Paulit-ulit ko ng sinabi sayo! Ikaw 'tong ayaw lumayo! Bakit nga ba ayaw mo syang layuan!? Umamin ka nga sakin!? May gusto ka ba kay Maxpein?!"

Hindi ako nakasagot!

"I knew it.. I knew it!!!!" halatang galit na sigaw nya pa!

"L-Look.. Noona.. h-hindi yun tulad ng iniisip mo okay?! Its just that.. I've no more reasons to fight with her.. at mas lalong wala akong makitang dahilan para layuan ko sya tulad ng gusto mong mangyari!?

Bakit ba kasi kailangan ko syang layuan pa k-kung pwede namang k-kaibiganin ko sya!?"

"Marami ka ng kaibigan at hindi mo na sya kailangan.."

"Tch.. hanggang ngayon ba naman nagseselos ka pa sa kanya!?" inis na tanong ko at natigilan naman sya at napatitig sakin! **"Wala na sila ni Randall okay!? Sayo na si Randall kaya hindi ka na dapat nagkakaganyan----"**

"Hindi mo ko naiintindihan kaya wag mo akong pagsalitaan ng ganyan.." malumanay munit bahid ang init at galit na sagot nya! **"Wala na sila ni Randall, oo.. that's true.. Pero ano!? Nakita mo naman di ba?! Hanggang ngayon.. silang dalawa pa rin ang magkasama!"**

"Sa isang yaya ni Randall.." pumitik pa sya. **"..sumama sya.. Inatake sya ng ulcer nya.. si Randall ang nagdala sa kanya sa ospital.. I've been calling him for hours but he's not answering his damn phone! And now you're telling me wala na akong dahilan para magkaganito!? Anong alam mo!?"**

"N-Noona.."

"Hindi mo kasi naiintindihan Deib kaya ganyan ka na lang magsalita sakin.. you know nothing.. you know nothing about how I feel.." pigil pa rin ang galit na sabi nya at napabuntong-hininga naman ako. **"Nakita sila ni Keziah sa ospital dahil nagkataong doon rin sya nakaduty sa SISH ngayon.. tinawagan ako ni Kez.. nung una hindi ko pinansin dahil nga hindi pa rin kami nag-uusap.. pero nung makita kong nakakailang tawag na sya.. sinagot ko na.. baka emergency e.. At emergency nga.. sa akala ko!"** inis na sabi nya na napahigpit pa ang pagkakahawak sa veranda! **"Dahil ako 'tong si gaga.. pagkarinig na pagkarinig kong nasa SISH si Randall---akala ko naman e may nangyaring masama sa kanya!"**

Ha!? Kaya ba nagmamadali sya kanina?!

"At anong nakita ko?! Si Randall at si Maxpein! Silang dalawa lang pala!" inis na talagang mahinang sigaw nya! **"Silang dalawa na naman.. Ha!"**

"P-Pero dinala lang naman sya ni Randall don kasi nga inatake sya ng ulcer---"

"Pero ang hindi ko maintindihan kung bakit kailangang magsama pa silang dalawa sa pagdalaw sa Daddy nya kung pwede namang ako na lang ang yayain nya!"

Ibig sabihin.. dumalaw sila don!? Bakit nga ba kailangang si Taguro pa ang isama nya kung pwede namang si Noona na lang!!!!!!! Grrrr! Badtrip ka Taguro!

"Now tell me.. wala ba talaga akong karapatang magkaganito!? Wala ba talaga akong dahilan para magkaganito!? Sinabi ko na sayo noon at uulitin ko ngayon.. wala akong pinagselosang babae maliban sa kanya.. dahil ako mismo.. Alam na alam ko kung paano at gaano syang minahal ni Randall.. at ngayong nagkita na sila, kung titignan mo sila.. parang anytime ay pwede silang mainlove sa isa't isa! Nakita mo naman lahat ng ginawa ni Pein para kay Randall di ba!? Nakita mo kung panong naging parang baliw si Randall pero napatino ni Maxpein.. Ngayon mo sabihin sakin Deib.. wala na nga ba akong dahilan at dapat pagselosan!?" seryosong tanong nya habang nakatingin sa dalawang mata ko. Hindi ako nakasagot.

"Hindi ko kaya'ng mawala sya Deib.." maluha luha'ng dagdag nya pa at natinag naman ako bigla.

"N-Noona.."

"Hindi ko ko kayang mawala sya sakin ng dahil lang kay Pein.. h-hindi ko kaya.. H-Hindi ako si Pein.. hindi ako kasing lakas nya kaya hindi ko kaya.. Kung kinaya nyang mawala si Randall sa kanya.. ako hindi.. h-hindi ko kaya.."

"H-Hindi naman porket nagkakasama silang dalawa e ibig sabihin iiwan ka na nya di ba?"

"Hindi mo kasi naiintindihan e---"

"E bakit ba kasi hindi mo ipaintindi sakin!" inis na sagot ko dahil paulit-ulit nyang sinasabi na hindi ko naiintindihan kahit naiintindihan ko naman talaga!

Iba lang talaga ang interpretasyon ko pero naiintindihan ko!!

Badtrip!

"H-Hindi ko maiwasang magselos.. Hindi ko maiwasang masaktan.. Hindi ko maiwasang magalit.. at hindi ko maiwasang maghinala! Dahil alam kong----kung nagawa ni Randall kay Pein noon yun.. h-hindi malabong magawa rin ni Randall sakin ngayon yun.."

NATIGILAN AKO BIGLA!!!!

"A-Anong ibig mong sabihin??" tanong ko.

"H-Hindi ako tanga para hindi makahalata Deib.. he's changing.. Randall is c-changing.." nagsisimula ng umiyak na usal nya.

"I-In what way??"

"H-Hindi ko alam.. pero nararamdaman kong may nagbabago e.. may mali.."

"Pano mo nasasabing may ganyan kung hindi mo naman alam kung ano!?"

"M-Mahirap ipaliwanag e.."

"Noona.. baka naman nagkakamali ka?? Baka naman sa sobrang paghihinala at pag-iisip mo.. yan ang kinakalabasan sayo ng ginagawa nila---"

"Hindi mo talaga maiintindihan Deib e.." naiiyak ng sabi nya.. **"Ginawa nya yun kay Pein.. Ginawa nya kay Kim at ginagawa nya na sakin! Hindi na imposibleng gawin nya pa ulit ng paulit-ulit yun sakin lalo na at nandyan si Pein!"**

Andwae..

Kinabahan ako ng todo sa sinabing yun ni Noona! Pakiramdam ko ay naiintindihan ko na ang sinasabi nya! Pakiramdam ko ay alam ko na ang tinutukoy nya!!!

"Boyfriend ko si Randall oo pero hindi ko hawak ang puso nya.. Hindi ko kayang manipulahan ang puso nya dahil kusa yung tumitibok para sa kanya! Hindi ako tanga para hindi maramdamang.. g-ginamit nya lang ako noon para makalimutan si Maxpein.." humihikbi ng usal nya pero hindi ako natinag sa pagkakatitig sa kanya! Pilit kong nilalabanan ang malakas na kabog ng dibdib ko para maintindihan ko ang lahat ng sinasabi nya! **"Hindi ako manhid para hindi maramdamang.. ginagamit nya lang ako para hindi sya masaktan ng todo dahil nakipaghiwalay sya kay Maxpein.. Ako.. ako ang nagpakamanhid dahil gusto'ng gusto ko sya.. Dahil willing akong magpakahirap.. maging akin lang sya.. at nung mapansin nya na ako? Hindi na ako nagdalawang isip pa.. At ngayon!? N-Natatakot ako'ng baka sa huli.. ako naman ang masaktan.. ako naman ang iwan.. H-Hindi ko kaya Deib.. hinding hindi ko makakayaya.."**

Hindi ako makapaniwala sa narinig ko!

Ginamit lang sya ni Randall para malimutan si Taguro!? Bakit!?

"Ang tanga tanga ko lang d-dahil.. h-hindi ko nagawang ihanda ang sarili ko sa katotohanang.. dadating rin ang panahon na ako naman ang iiwan nya.. na ako naman ang hihiwalayan nya.. na ako naman ang masasaktan---"

"Noona!" malakas na tawag ko sa kanya dahilan para mapatingin sya sakin! **"H-Hindi mangyayari yan.. naiintindihan mo!?"**

"I know you're making me feel better pero.. n-not this time dongsaeng.. H-Hindi ko kaya'ng maging okay dahil alam kong tama ang nararamdaman k---"

"No! No! No! Hindi mangyayari yan!"

"Come on Deib.. face the reality.. nangyari yun kay Pein.. kaya hindi imposibleng mangyari rin yun sakin---"

"Hindi mangyayari yan dahil h-hindi ko hahayaang mangyari yan!!!" malakas na sigaw ko at natigilan naman sya! Ipinakita ko sa kanyang totoo at seryoso ako sa sinasabi ko!

Hindi ko hahayaang mangyari yan Noona! Itaga mo yan sa bato!

"H-Ha?? P-Pano!?"

"A-Anong p-pano?" utal na tanong ko.

"Pano mo nasabing hindi mo hahayaang mangyari yun?!"

Pano nga ba?!

"B-Basta.. h-hindi ko hahayang s-saktan ka ni Randall.. h-hindi ako papayag na saktan ka nila.." pagpapalusot ko. **"T-Tama na yung ako na lang.. tama na yung ako na lang ang niloko at naloko nila.. h-hindi ako makakapayag na mangyari sayo yung nangyari sakin.. at mas lalo'ng h-hindi ko hahayaang m-maramdaman mo yung s-sakit na naramdaman ko.."**

"D-Deib.." parang natatouch na tawag nya sakin at saka yumakap. Yinakap ko rin sya at ramdam kong pinunasan nya ang mga luha nya bago muling tumingin sakin. **"I'm sorry for being so harsh.. I didn't mean it like that.. N-Nabigla lang ako.."**

"Wala sakin yun.."

"Hmm.. talaga!?" parang bata pang tanong nya.

"Tch! Para yun lang!? A-At saka a-ano nga bang a-alam ko sa ganyan?! E yung k-kaisa-isang babaeng niligawan ko.. n-niloko pako.." nakanguso kunwaring sabi ko at tumingin naman sya ng matagal sakin saka hinawakan ang dalawang kamay ko.

"I was being so harsh.. hindi ko man lang naisip na mas matindi ang pinadaanan mo compared to me.. A-Are you okay now?"

"O-Of course I am okay now.." pigil ang tuwa na sagot ko. Ayokong mahalata nyang masaya ako.

"I'm more that proud of you dongsaeng.. Bilib ako sa lakas ng loob mo dahil nakayanan mo yun.. K-Kung ako yun malamang.. h-hanggang ngayon umiiyak pa rin ako.."

"H-Hehehehe.."

"E baka naman kaya ganon na lang kabilis para sayo'ng kalimutan yun e dahil may iba na?!"

"H-Ha?!"

"Psh! Umamin ka nga sakin.. kaya ba ganon na lang kadali para sayong makarecover dahil----"

"W-Wag ka ngang mag-imagine! W-Wag kang mag-assume! Tch!"

"Baka kasi---"

"Hindi ganon yun okay?! Tch! S-Sino namang magugustohan ko sa school!?"

"Hahahahaha.. there's a lot of gilrs na habol ng habol sayo di ba!?"

"So what!? Hindi ako interesado sa kanila!"

"E kanino ka interesado!?"

"S-Sa wala.."

"Ha?! Hahahaha.. ang boring naman nun! Maski crush ba wala!?"

"H-Ha?! W-Wala.."

"Ha!? Ano ba yan! Crush.. Like.. Love?? Wala!?"

Meron..

"W-Wala.." pagsisinungaling ko.

"Oh hindi mo lang alam na may gusto ka na pala sa kanya hindi mo lang maamin?!" biglang seryosong tanong nya at natigilan naman ako.

"N-Noona.."

"Posible rin kasi ang ganon Deib.."

"A-Ang alin?!" maang maangang tanong ko.

"Posible rin ang magkagusto ka sa isang tao ng hindi mo namamalayan.."

Nangyari na nga sakin yun e!

"H-Hehehehe.. a-alam ko.."

"Kay Maxpein!?"

"N-Noona! A-Ano ba?!"

"E bakit twing babanggitin ko sya nauutal ka!?"

"H-Hindi ah!"

"Ayan oh!"

"Pwede ba?! Matulog ka na nga!" inis kunwaring sabi ko at saka tinalikuran sya!

"Deib!"

"What!!!" inis kunwaring sigaw ko at saka humarap sa kanya! **"Enough okay!? Stop it!"**

"Favor lang.." seryosong sabi nya sakin. **"W-Wag si Maxpein.. wag si Maxpein dahil masasaktan ka lang.."**

Hindi ako nagsalita.. pero hindi ko rin pinahalatang nabigla ako sa sinabi nya.

"Hindi ikaw yung tipo ng tao'ng magugustohan nya.. hindi porket halos nasa iyo na ang lahat.. magkakagusto na sya sayo.. Hindi sya tulad ng iniisip mo.. Kaya bilang kapatid mo.. ako na ang nakikiusap.. wag si Maxpein.. dahil ayaw kong masaktan ka.." seryosong dagdag nya at ramdam ko talaga ang sinseridad nya. **"Yun lang.. matulog ka na.. Goodnight.."** sabi nya pa at kusang tinalikuran ako.

Ilang segundo pa akong hindi makagalaw at nakatingin sa likod nya pero nung makarecover ako ay dali dali akong naglakad papasok sa kwarto ko..

W-Wag si Maxpein.. wag si Maxpein dahil masasaktan ka lang..

W-Wag si Maxpein.. wag si Maxpein dahil masasaktan ka lang..

"Bakit nya naman ako sasaktan!?" mahinang bulong ko sa sarili ko. Kinabahan ako sa sinabing yun ni Noona! **"At bakit.. parang nababasa nya ang laman ng isip at puso ko??"**

Bakit kung magsalita sya parang sigurado syang si Taguro nga ang gusto ko!?

"H-Hindi kaya?!"

Andwae..

"Tsk! Ganun ba talaga ako ka-obvious!?" bulong ko pa sa sarili ko at saka tumingin sa sarili ko sa harap ng salamin..

'Engot mo kasi e!'

'Nakakainis!!!!!'

Umupo ako sa study table ko at bahagya pang nag-isip..

"Halatang halata ba talaga ako!?" mahinang tanong ko sa sarili ko.

Tch! Wag kang bobo! Unang una.. si Tob.. Pangalawa si Taguro.. at ngayon naman si Noona! Malamang! Halatang halata ka nga!

"E pano nila nahalata?!" takang tanong ko sa sarili ko!

Hindi ko talaga alam kung pano nila nahahalata!

Sa ikinikilos ko kaya?! Sa pananalita?! Pano?! At saka.. bakit ba parati na lang nilang sinasabing may gusto ako kay Taguro?! E crush ko lang naman sya!

"Teka.." mahinang bulong ko pa. **"Tsk! Nakakainis! Ang nasabi ko nga pala sa kanya e may *'gusto'* ako sa kanya! Dapat pala crush lang!"**

E parang ganon na rin yata yun e!?

"Tsk! Ang hirap!"

Paano ko ba malalaman kung may crush ako sa isang tao?

Paano ko malalaman kung gusto ko sya?

At paano ko malalaman kung *MAHAL* ko na sya?

Inis akong nagpaikot ikot sa kinauupuan ko hanggang sa paghinto ko ay napatingin ako sa laptop ko..

Hahanapin ko sa internet..

"What... is... Love...??" bulong ko habang nagtatype.. at ilang segundo lang ay andaming lumabas na result.. Halos ang lahat ng lumabas ay Forum sites kaya naman binuksan ko ang pinakauna at nagbasa..

MyQueenHearts: Love is action. Love is tolerance.Love is giving. Love is receiving.

itsmehazelg: Love is a very beautiful garden in which different types of colorful flowers bloom in spring, but only one flower can be picked.

johann_A123: Love is Blind! Hehehehehe!

HeyItsJe: Love is a force of nature. Love is bigger than you are. Love is inherently free.muchaii: Love is patient, love is kind. It does not envy, it does not boast, it is not proud. It does not dishonor others, it is not self-seeking, it is not easily angered, it keeps no record of wrongs. Love does not delight in evil but rejoices with the truth. It always protects, always trusts, always hopes, always perseveres. Love never fails. ♥

Happie: Love is like an onion because it causes me to cry! Hehehehe!

InDay KuLet: **Ang love ay nag-uumpisa sa crush na kapag tumatagal ay nauuwi sa like na natatapos sa love...**

_jenalyn_27: Love.. Love.. Leche wala akong alam dyan!

bOOmbasTicBunNY: In love ka kapag tingin ka ng tingin sa kanya at hinahanap hanap mo sya!

ewankosacrushko: kaPag mYah myAh hnAHnaP hnAp mOW ciA!....eeeHEHEHhehehe

MrsMariano: basahin m0 ung she's dating the gangster....malalaman mo kung anong meaning ng Love hehehehehe..

Kenrist: Inlove ka kapag hindi ka makahinga twing kaharap mo sya!
LayzelleMegumi: in love ka kapag gusto mo sya parating makasama!

Bakit alam nilang lahat yun?!

Sa dami ng nabasa ko ay isa lang ang nakatawag ng pansin ko..

Ang love daw ay nag-uumpisa sa crush na kapag tumatagal ay nauuwi sa like na natatapos sa love...

"Kailan naman ako nagkacrush kay Taguro?!" takang tanong ko sa sarili ko..

Gusto ko sya ngayon.. ibig sabihin, matagal ko na syang crush?!

Napanguso ako at napaisip..

S-Siguro nga matagal ko na syang crush.. Tch! In denial lang talaga ako!!!

Ang love daw ay nag-uumpisa sa crush na kapag tumatagal ay nauuwi sa like na natatapos sa love...

Ang love daw ay nag-uumpisa sa crush na kapag tumatagal ay nauuwi sa like na natatapos sa love...

****TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*** **"Kung may 'gusto' na ako sa kanya ngayon.. i-ibig bang sabihin nun..."**

"M-Matatapos 'to sa l-love?!"

Waaaaaa!!!!!! Andwae!!! Maldo andwae!!!!

Kinabahan talaga ako ng sobra dahil sa naisip ko!

Kapag nagkatao'ng tama 'tong Inday na 'to.. yari ako.. dahil..

W-Wag si Maxpein.. wag si Maxpein dahil masasaktan ka lang.. muling umulit sa isip ko yung sinabing yun ni Noona!

Inis kong pinatay ang laptop ko!!! Parang wala sa sarili akong pinatay ang ilaw at nahiga sa kama ko!

"Tsk! Bakit ba kasi napaamin pa ako ng wala sa oras?!" inis na tanong ko sa sarili habang nakatingin sa veranda ng kwarto ko at yakap yakap ang malaking unan ko!

Anong sabi mo!? Guni guni ko lang 'to?! Ha!!!!

"Kung guni guni ko lang 'to.. sa tingin mo mahihirapan pa akong kalimutan at alisin yung nararamdaman ko!? Ang sabihin mo.. engot ka lang talaga! Bwiset!"

Ilang minuto pa ang binuno ko sa pag-iisip at hindi ko alam kung anong oras na ako nakatulog..

NAIH'S POV

Bahay.

"M-Max.." salubong ko kay Max pagkating nya..

Hindi nya ako pinansin! Mukhang pagod na pagod talaga sya kaya naman nagderederetso sya papasok sa bahay at mabilis naman akong sumunod sa kanya! Kusa syang napahinto nang...

"H-Hwejang-nim.." naiusal nya.

Psh! Sasabihin ko sana sayo e! Hindi muna kasi naghintay e..

Nagulat rin ako nung biglang dumating dito sa bahay ang Lolo ni Max! Malamang.. hindi ko inaasahan 'to! Dahil ang alam ko ay si Maxwell lang sa pamilya nya ang nakakaalam ng tinutuluyan namin! Pero hindi rin naman ako tanga para hindi ko maisip na malamang ay pinaimbestigahan nya na kami para malaman nya kung nasan kami..

Kilala ko na 'tong Chairman na 'to pero hindi ko alam ang buong pagkatao nya.. Hindi ko rin alam ang history nila ni Max kaya naman paminsan minsan ay nagugulat pa rin ako sa turingan at tratuhan nila.. Tulad ng sabi ko nung una pa lang.. Hindi kami magbestfriends dahil ayaw nya.. at tulad rin ng sinabi ko una pa lang.. Hindi ugali ni Maxpein ang magkwento ng tungkol sa buhay nya lalong lalo na pagdating sa pamilya nya.. Sabihin nalang nating gamay ko na ang kilos at ugali nya.. kaya naman nababasa ko ang mood at nararamdaman nya base sa kilos at iniaasta nya..

Dali dali'ng tumango si Max kay Chairman Moon matapos magsipagtanguan sa kanya ang mga alalay ni Chairman.

"You're late.." si Chairman.

"A-Ahh---"

"How's your health??"

Sinabi ko sa kanya!

"S-Sinabi ko.." mahinang sabi ko at saka sya muling bumaling kay Chairman.

"Sitdown.." si Chairman. **"Maxwell didn't bother to take you home?"**

"M-May duty ho kasi sya.."

"Ahh yeah.."

"N-Nagtaxi ho ako pauwi.."

"I see.." sabi nya at saka umayos ng upo. **"I'm not staying longer so I'll get straight to the point.. The reason why I'm here is that.. I already paid your tuition fee.. you oon't have to problem that.."**

Yeeeeesss!!!!!

"H-Hwejang-nim!?" gulat na tanong ni Max!

"Nagpatawag ako ng meeting sa mga Lecturers mo and I'm happy to hear that even yung terror mong Lecturer is impressed with your class standing.."

Si Chupan?! Tsh..

"Aside from being bullied and getting into trouble.. wala naman na akong narinig na iba na makakapagsira ng imahe mo sa isip ko.." dagdag nya pa. **"So I decided to pay your tuition fee.. dahil pinaimbestigahan ko ang katayuan ng pamumuhay mo ngayon at nalaman ko ang lahat ng pasikot sikot mo.."**

And I'm sure she'll hate you for doing that Chairman...

"Alam kong ayaw mo ng ganon but I still believe that I have the rights.. Lolo mo pa rin naman ako.." malumanay pang sabi nya. Mabagal talaga syang magsalita at malakas ang boses nya kaya naman lahat ng sasabihin nya ay maiintindihan mong talaga. **"Nalaman kong nagtratrabaho ka while studying---"**

"Kaya binayaran nyo yung tuition ko?!" pigil ang inis na tanong ni Max!

Wag ka ng umarte timang! At least ngayon.. hindi ka na magpapapakapagod! Masyadong bayani 'to! Amp!

"Mmm.." tango nya. **"Dahil naisip kong hindi mo gagawin yun kung hindi ka talaga interesadong mag-aral.. I was impressed with your decision Pein.. as of now, for me that's the greatest decision you've ever made in your life.."**

Tama po! Tama po!

"It's your decision if you want to continue working.. but I'll suggest you to just focus on your studies.. I'm willing to support your yearly allowance anyways.."

"Thank you Chairman but I prefer to continue working and support my own needs.."

"Okay.. as I've said.. it's your decision.. I think you've become better on decision-making now.. kaya hindi na kita kokontrahin.. At alam kong bilang mataas ang pride mo.. hindi mo nagustohan ang ginawa kong pagbabayad sa tuition mo.. Maliit na halaga lang naman ang binayaran ko dahil narinig ko ring kaya ka pumasok sa sports mo na yan ngayon ay para mabawasan ang tuition mo.."

Yessss!!! Ang galing galing! Nice nice..

"Sumali ka rin daw sa dancing? Kaya mas bumaba ang tuition mo.." bahagyang nakangiting dagdag nya pa. **"Oh well.. good idea.. perfect decision.. At least now I can tell.. you can really decide on your own.. But that doesn't mean that I'm giving you my full trust.. Hindi mo pa rin mabubura sa isip ko ang nakaraan mo Pein.."**

Hindi naman na sya sinagot ni Max..

"Oh well.. it's getting late, I think I have to go now.."

"Pwede rin po kayong magdinner dito.. magluluto ako.." singit ko at nginitian nya lang ako.

"Mauna na ako.. mag-iingat kayo.."

"Hwejang-nim.." habol ni Max sa kanya.

"Ye?"

"K-Kamsahabnida.." nakatungong sabi ni Maxpein at kitang kita ko naman kung paanong ngumiti ng bahagya ang Lolo nya habang hindi sya nakatingin! Nawala ang ngiting yun nung tumingin na si Max sa kanya!

Translation: Thank you...

Amazing...

"I'm going.."

"Jalgayo.."

Translation: Take care..

"Mmm.."

Hinatid namin sila ni Max sa gate at kakaway kaway na tinanaw pa sila palayo.. Nung hindi na namin sila matanaw ay agad akong humarap sa kanya!

"Kyyyaaaaaaa!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!"

"A-Ano ba! Ano ba!" halatang inis na sigaw nya sakin! **"Nakakagulat ka!"**

"Hahahahahahahaha! Kyyyyyaaaaaaahhh!!!! Alam mo ba kung gano ako kasaya ngayong okay na kayo ng Lolo mo ha?! Alam mo ba yun ha?! Ha?!"

"Tss.."

"Alam mo ba na kanina sobra yung kaba ko habang hinihintay ka namin!"

"Gano na ba sya katagal dito?!"

"Mmm.. kararating karating lang rin nila nung dumating ka.. sobra ang kaba ko kaya naman nakahinga ako nang maluwang nung dumating ka na! Hindi ko kasi alam kung san ka tatagawan e! San ka

ba nanggaling!? Tumawag sakin si Maxwell tinatanong kung nakauwi ka na e! Hindi ko alam kung anong isasagot ko! Bakit ba ngayon ka lang?!"

"M-May kinausap pa ako e.. May binanggit ba si Lolo sayo?"

"Wala naman! Pero nagtanong sya kung gano na tayo katagal dito!"

"Anong sabi mo?!"

"Sinabi ko yung totoo syempre! Alangang magtokis ako!? E obyus na obyus naman na kaya sya nakapunta dito dahil *'inalam'* nya kung saan tayo nakatira! Lakas nalang ng loob ko nung kung magsisinungaling pako!"

"Buti naman.."

"Tsh! Matalino 'to uyy!!! Nag-iisip muna 'to bago magsalita hehehehe.. Pero sa tingin mo.. natuwa talaga sya kaya nya ginawa yun!?"

"Mmm.. hindi naman tokshit si Lolo tulad ni Maze.. nagsasabi yun ng totoo at prangka yun masyado.. Naniniwala akong kaya nya ginawa lahat 'to dahil natuwa sya sa resulta ng ginagawa ko.."

"Sana lang makuha mo na ulit yung tiwala ng Lolo mo---"

"Hindi na mangyayari yun.."

"Ha?! Bakit naman!?"

"Dahil hindi naman nawala ang tiwala sakin nun.." seryosong sabi nya na tumingala pa sa langit. **"Kasi alam kong kaya lang sya nagkaganon sakin dahil kung anu-anong sinabi ni Maze tungkol sakin.."**

"Tsk tsk tsk.. grabe talaga si Maze noh!?" sabi ko pa at hindi na sya sumagot..

Ayaw nyang pag-usapan yun.. matik na..

"Ano okay ka na ba??" tanong ko.

Hindi sya sumagot!

"Ano?! Okay ka na ba ngayon ha??" pag-uulit ko dahil baka hindi nya lang ako narinig.

HINDI PA RIN SUMAGOT!

"Hoy! Maxpein! Tinatanong ko kung okay ka na ba ngayon!?"

"Ang a-alin?"

"A-Anong alin!?" inis na tanong ko!

"A-Ahh ano bang sinasabi mo?? H-Hehehe.."

"Anak ng.. tinatanong ko kung okay ka na ba! Ikaw!? Okay ka na ba?! Yung tyan mo!? Okay na ba?! Letse!" inis na sigaw ko!

"A-Ahh.. hahahahaha.. okay naman na.. Normal na.."

"Jusko.. kabinge!" inis na sabi ko at natihimik naman sya at nakatingin sa malayo. **"Sa susunod kasi.. dahan dahan lang sa pagkain.. wag ka ring magpapalipas ng gutom!"**

Hindi na naman sya sumagot!!

"Bakit nga pala ngayon ka lang!?" pag-iiba ko ng usapan.

"May kinausap nga lang.."

"Saan?!"

"Sa ospital.." sagot nya na hindi parin tumitingin sakin! Nananatili syang nakatingin sa mga bituin!

"Sino namang kinausap mo dun?!" takang tanong ko.

"Yung mga gamit.."

"A-Ano!?" takang tanong ko.

"Kinausap ko yung mga gamit at tinanong ko sila isa isa kung anong purpose nila sa mundo.. kaso ilang oras na akong naghihintay.. speechless pa rin sila... ayun, umuwi nako.." seryoso talagang sabi nya habang nakatingin sa mga mata ko!

"Pakyu! Ulul ka na!" inis na sigaw ko sa kanya at saka tumayo! **"Pumasok ka na nga sa loob at matulog ka na! Para bukas atakihin ka ulit ng ulcer! Ako mismo magdadala sayo sa ospital----tignan natin kung sasagot na yung mga gamit mo pakyu ka!"** inis na sabi ko na dumeretso na papasok!

Siraulo'ng yun! Kung kelan ka seryoso saka ka totokshitin!

Inis akong nilingon sya pero natigilan pa ako nung makita kong nakatingala pa rin sya sa langit!

'Bahala ka nga dyan sa buhay mo!'

"Aakyat na ako! Ikaw na bahalang maglock dyan!"

"Ge.." mahinang sabi nya at iniwan ko naman na sya.

K I N A B U K A S A N.

"Gooooooddd mooooorrrrnnneeeeennggg!!!!" malakas na sigaw ko pagkabangon! Mabilis akong uminom ng tubig at dumeretso sa kwarto ni Max! **"Maaaaxxx!!!"**

"Oh!"

"Wow! Aga gising ah!? Maligo ka na ah!?"

"Oo.."

"Baka naman nakahiga ka pa?! Papasok ako ah?!" tanong ko pa saka binuksan ang pinto ng kwarto nya! **"Anak ng... bumangon ka na!"**

"Oo.."

"Anong oo?! Malelate tayo!"

"Hindi yan.."

"Anong hinde!? Alas siete na!"

"Alas onse pa naman laro e.."

"Oo nga pero kailangang maaga dun tuleg! May attendance pa rin tayo sa morni---"

"Inaantok pako e.."

"Bumangon ka na!"

"Hindi ako makakapaglaro kapag puyat ako---"

"Sino ba kasing may sabing magpuyat ka!"

"Nagkusa.."

"Leche! Bumagon ka na!" sabi ko at saka pumunta sa paanan nya! **"Bangon na! Hoy! Bumangon ka na dyan sabi e!"** sabi ko habang hinahampas sya ng unan at inis naman syang bumangon at tumingin ng masama sakin gamit ang isang mata lang! **"Maligo ka na!"**

"At ako pa ang nakakainis!? Pasalamat ka nga at ginising ka pa e!"

"Ayoko na yatang pumasok.."

"A-Anong----Hoy! Anong ayaw ng pumasok!? Sira ba ulo mo!?"

"N-Nakakatamad na e.."

"Anong nakakatamad?! Matapos bayaran ng Lolo mo yung tuition mo!? Ulul!!"

"Ngayon lang naman e.. n-ngayong araw na 'to lang.."

"Bakit!?"

"Basta lang.."

Hindi ako nakasagot at dahan dahan akong napatingin sa kanya..

Ang weird e.. Hmmmm..

"Umamin ka nga sakin... anong nangyari ba sayo ha!?" nanghuhuli'ng tanong ko.

"Meron.."

"A-Ano??" nag-aalalang tanong ko.

"Inatake ng ulcer.."

"Siraulo!"

"Tss.. e yun naman talaga nangyari sakin.."

"Alam ko!"

"Yun naman pala e.. Inaantok pako Naih.."

"Kagabe! Bago ka umuwi dito! Anong nangyari sayo!"

"Wala.." mabilis na sagot nya.

"E bakit nagkakaganyan ka ngayon!?"

"Anong ganyan naman??" takang tanong nya kusa na ring bumangon at nakabukas na ang dalawang mata!

"Ang weird mo ngayon e! Hindi pala ngayon----simula kagabe!"

"Talaga?"

"Anong talaga?! Oo! Talagang talaga!"

"Tss.." singhal lang nya at saka tumayo at uminom ng tubig. Matapos nun ay kinuha ang towel nya at saka pumasok sa banyo!

WTF??

Saglit pa akong tumingin sa pinto ng banyo at saka iiling iling na naglakad papalabas ng kwarto nya pabalik sa kwarto ko!

Anong meron dun sa taong yun? Me sapak ata sya ngayon!

Mabilis akong naligo at saka bumaba.. nagprepare ako ng sandwich dahil may sarili kaming food na available don pagkarating namin dun, at hindi naman pwedeng hindi kakakainin kaya hindi na kami magbebreakfast ng rice ni Max.

"Maaaaaaaax!!!" malakas na tawag ko sa kanya pero pababa na pala sya ng hagdan! **"Bilisan mo oh magcoffee kana---"**

"Hindi ako gutom.."

"Oo nga.. pero para lang may laman ang tyan mo.."

"Tss.." singhal nya at saka humigop ng kape.

"Manood muna tayo ng laro nila Deib ngayong umaga----"

"Oh!? Okay ka lang?!" takang tanong ko matapos nyang masamid! **"Dahan dahan kasi sa pag-inom!"**

"O-Oo.."

"Alam mo?! Tingin mo may nangyari talaga sayo kagabi e---"

"Tss.."

"Yung mga ganyang asta ng isang Maxpein?! Tsk tsk tsk.. may pinagdaanang hindi maganda yan.." sabi ko pero hindi sya natinag at nagtuloy lang sa pagkain. **"Malalaman ko rin yan hehehehe.."**

Matapos naming kumain..

"Tara na..." yaya ko sa kanya.

"Teka.."

"Ano na naman?!"

"M-Magyoyosi lang ako---"

"Wag na!"

"Isa lang!"

"Nakakainis naman 'to e!"

"Tss.. ang aga aga pa---anong gagawin mo dun ng ganitong kaaga?!"

"Kaya mo nasasabing maaga pa dahil mamayang alas onse pa ang laro natin! Pero late na! Dapat 8am lahat ng players nandun na! May attendance pa rin tayo kahit na late pa ang sched ng laro natin ano ba! Syempre may mga may laro rin ng maaga!" sabi ko at hindi naman nya ako pinansin at nagsindi ng yosi! **"Tulad na lang nila Sensui! May laro sila mamaya kaya papanoorin natin sila---"**

"Ayoko---ikaw na lang.."

"Tsh! Ikaw nga 'tong nood nang nood dun e---tapos ngayon ayaw mo!?"

"Tss.. nagkakataon lang yung mga nauna.. Ngayon ayaw ko.. mas gugustohin ko pang magpractice na lang.."

"Bahala ka nga sa buhay mo!" inis na sabi ko sa kanya at nakangusong isinalampak ang katawan ko sa upuan!

"Tss.. pwede ka namang wag magpractice kung ayaw mo.. edi manood ka sa kanila.. Makakanood ka naman dun ng wala ako.."

"Oo nga! Kaso nagtataka ako sa iniaasta mo ngayon! Ang weird mo lang! Kagabe ka pa ah! Nakalimutan mo na ba ha?! Na ikaw nga 'tong may sabing wag ng magpractice dahil baka masobrahan tayo at maibuhos lahat sa practice ang galing natin at mawala na yun sa mismong laro?! Tokis ka e noh!?"

"Yeah right.."

"Basta! Manonood tayo!"

"Ikaw na lang.."

"Tayo!"

"Tss.. gusto mo lang panoorin si Lee e hehehe.."

"W-What!?"

"Tss.. nabanggit lang si nag-english amp.." mahinang bulong nya!

"Tara!" yaya nya sakin at sumunod naman ako agad!

Sumakay kami sa kanya kanya naming motor at maya maya lang rin ay nasa SIS na kami.

Parking Lot.

Matapos naming magpark at pareho naming isinabit ang tako at bag namin sa magkabila naming balikat at naglakad.... Pero hindi pa man kami nakakalayo mula sa pinanggalingan namin ay...

"Oh!? Tignan mo nga naman ang pagkakataon oh! Hahahahaha!" biglang may nagsalita sa likod namin at sabay kaming napalingon!

Who the heck?!

"Kanina lang e inisiip ko kung anong oras kita makikita.. tapos ngayon eto ka na sa harap ko?! Hahahahaha! Destiny na talagang matatawag 'to!"

Anong sinasabi neto!?

Nakatingin sya kay Max at ngiting ngiti namang talaga sya!

Agad naman akong napatingin kay Max at tulad ng dati ay parang walang ganang nakatingin sya ng deretso sa lalaki'ng 'to sa harap namin na hindi ko kilala kung sino!

"Ang cool nyo naman.. nakamotor pa talaga kayo ah?! Hehehehehehe.." sabi nya na tinanaw pa ang mga motor namin! **"Nakita ko ang schedule mo at mamayang alas onse pa ang laro mo hehehehe.. *'Maxpein Zin del Valle'*..."** pagdidiin nya pa sa buong pangalan ni Max!

Sino ba 'to!?

Napatingin ako kay Max at wala man lang nagbago sa itsura nya!

"Uyyyy hehehehe.. pinapahiya mo naman ako dito sa kasama mo e.. Kausapin mo naman ako.." nakangiting sabi nya pa!

"Sino ka ba!?" hindi ko na natiis ang magtanong at nagulat naman sya!

"Ako!? Hahahahahah! Ako lang naman si *'Kev Gonza'* ng Luna University.. basketball player ako.. ikaw?! Pwede ko bang malaman ang pangalan mo? Tutal.. mukhang matalik ka namang kaibigan naman nitong *'destiny'* ko hehehehe---"

"Stop me??"

"Ha??" takang tanong nya pa!

"A-Anong *'destiny'* ang pinagsasasabi mo dyan!?" takang tanong ko rin!

"Ahh.. hahahahahaha! Siya!" turo nya kay Max! **"Sya ang destiny ko!"**

Gulat akong napatingin kay Max! Salubong na ang kilay nya at halatang hindi rin makapaniwala sa KEV GONZA daw na 'to na nasa harap namin!

Tinignan ko sya mula ulo hanggang paa!

Kev Gonza ng Luna!? Destiny ni Maxpein!? Stop me!

"Destiny?! E hindi nga kita kilala!" sigaw ko sa kanya!

"Hahahahaha.. e hindi naman kasi ako nagpakilala sayo.." mayabang na sabi nya pa! **"Ano Maxpein Zin del Valle!? Alas onse pa ang laro mo tama!? So nandito ka pala para panoorin ako?! Hahahahaha.. Sinabi ko na nga ba---"**

"Hoy!" pigil ko sa kanya! **"Kung nantitrip ka.. tigilan mo na.. Dahil baka hindi mo kayanin 'tong kaibigan ko.. Marami ng nakabangga 'to at ang isang tulad mo ay tinga tinga nalang.."**

"Ang yabang mo ah! Bakit?! Kilala mo ba ako ha?!"

"Oo! Ikaw lang naman si Kev Gonza na taga-Luna?! Ano?! Palag!"

"Pangalan ko lang alam mo!"

"Oh e ano ngayon!? Ako ba?! Alam mo ba pangalan ko!?"

"Hindi! Dahil hindi ako interesado!"

"At wag mo ng alamin dahil kakabahan ka lang! Max.. kilala mo ba 'to!?" baling ko kay Max!

"Hindi.." seryosong sagot ni Max saka tinalikuran sya!

"A-Anong---H-Hoy! Teka! Teka!" habol nya kay Max pero pinigilan ko sya!

"Teka nga!" pigil ko sa kanya!

"Ano!? Hindi ako interesado sayo okay?! Oo alam ko nagugwapuhan ka sakin pero sya! Sya ang tipo ko---"

"Wooooowwww ah!!! Hahahaha! Hanep sa lakas ng apog ah?! Ako?! Ikaw?! Type?! Stop me!!!! My gooodneess!"

"Hahahahaha! Oh e bakit panay pa ang pakyut mo dyan kung hinde!? Wag kang makulet dyan... hahabulen ko muna yung destiny ko! Heheheh! Babu!" malakas na sabi nya sa mukha ko at saka mabilis na naglakad pahabol kay Max!

Ha! Siraulo ba sya?!

Mabilis akong naglakad rin pasunod sa kanila!

"Hoy! Maxpein!" tawag pa nung Kev sa kanya! **"Wag ka na namang mahiya sakin oh! Alam ko namang nandito ka para panoorin ako e hehehehe! Maxpein!"**

"Hoy tigilan mo nga ang kaibigan ko!" sigaw ko sa kanya pero hindi sya huminto sa pagsunod kay Max!

"Max! Pansinin mo na ako! Max!" sigaw nya pa! **"Max!!!!!"** malakas na sigaw nya dahilan para inis syang lingunin ni Max!

Mabilis akong naglakad papalapit sa kanila!

"Hehehehehe.. sinabi ko na nga ba at hindi mo rin ako matitiis e hehehehe.. Ano?! Manonood ka ba ng laro ko---"

"Ano bang trip mo!?" halatang inis na tanong ni Max sa kanya.

"Hahahaha.. tinatanong kasi kita kung nandito ka para manood ng laro ko---"

"Hinde.." deretsong sagot ni Max sa kanya.

"Hahahhahahahahahahaha!" malakas na tawa ko sa kanya! Napatngin naman si Kev sakin pero agad na tumingin ulit kay Max.

"Oh e anong ginagawa mo dito e ang aga aga?!" tanong ni Kev sa kanya.

"Tss.." parang hindi makapaniwalang singhal ni Max! **"Lakas rin naman ng trip mo e noh!?"** sarkastikong tanong ni Max sa kanya. **"Kahit maglaro ka sa harap ko minuminuto wala akong pakialam.."** mahinang sabi ni Max sa kanya!

"Hahahahahahahahaha!" malakas na tawa ko na naman!

"A-Anong... ang yabang mo talaga!" sigaw ni Kev sa kanya! **"A-Alam mobang ikaw lang ang nakakaganyan sakin ha!? Alam mo ba kung gano karaming babae ang nagkakandarapa'ng kausapin ko tapos ikaw g-gaganyanin mo lang ako?!"**

"E bakit hindi sila ang kausapin mo?!"

"E sa ikaw ang gusto ko e!"

Nakanganga akong tinitigang maige si Kev Gonza at napalitan pa ang tingin ko sa kanilang dalawa!

"M-May gusto ka sa kanya?!" hindi makapaniwalang tanong ko kay Kev habang nakaturo kay Max! Agad namang tinabig ni Max ang kamay kong nakaturo sa kanya at hindi ko naman yun pinansin dahil nanatili akong nakatingin kay Kev na ngiting ngiti namang bumaling ng tingin sakin!

"Oo! Hehehehehehe.."

"Oh my God.." mahinang bulong ko.

"Hahahaha.. hindi ka rin makapaniwala noh!? Ako rin e hehehehe.. At.. alam mo bang nung nakita kitang nakamotor kanina?? Mas lalo mong nabihag ang puso ko?! Hahahahaha! Ngayon lang ako nakakita ng babae'ng ganon ka-cool habang nakasakay sa motor!" baling nya kay Max! **"Alam mo.. cool rin naman 'tong kasama mo e.. pero kasi.. i-iba yung dating nung ikaw na ang nakita kong nagmomo---"**

"Pwede bang manahimik ka?!" inis na talagang sabi ni Max sa kanya! Halatang inis na talaga sya!

"Bakit ba ang sungit mo?!"

"Dahil hindi ko masakyan ang trip mo----"

"Sino ba may sabi sayong tinitrip kita?!" biglang seryosong tanong ni Kev sa kanya! **"Seryoso ako okay?!"**

Juskoh.. totoo ba talaga 'tong nakikita ko!? Mag nagpropropose kay Max sa mismong harap ko!? Ang ganda mooooo!!!!

"Hindi ako yung tipo ng tao'ng magogoyo mo.." mahinang sabi ni Max sa kanya at astang tatalikuran ulit sya pero mabilis syang napigil ni Kev!

"Sinabi ng hindi ako nagbibiro e! Hindi ako nagbibiro! Seryoso ako!"

"Hahahahahahaha!"

"TAAAAGGGUUUURRRRROOOOOOO!!!!!"

Sabay sabay kaming napalingon sa malakas na sigaw ng isang pamilyar na boses na yun!

Oh???

"Si Sensui.." mahinang bulong ko.

"Sensui?!" takang tanong naman ni Kev pero hindi ko sya sinagot!

Sabay sabay naming pinanood si Deib habang salubong ang kilay nitong naglalakad papalapit samin!

At nung tuluyan syang makalapit ay masama ang tingin nya kay Max kaya agad naman akong napatingin kay Max at ayun na naman ang blangkong itsura ni Max!

"Ikaw na naman?!" bungad ni Kev kay Deib!

"At ikaw na naman!" sigaw ni Deib sa mukha ni Kev!

Magkakilala rin sila?! Bakit ako hindi?!

"Ang aga aga binubwisit mo naman ang destiny ko e!" sigaw ni Kev kay Deib na agad namang nanlaki ang mga mata!

"D-Destiny?!" si Deib.

"Oo.. hehehehe.. si Max.. si Maxpein Zin del Valle ang destiny ko.."

Hindi ako makapaniwala kung gaano ka-sweet sa pandinig ko yung pagkakasabing yun ni Kev sa huling linyang yun habang nakatingin ng deretso sa mga mata ni Max!

"Yiiiieeeee..." hindi ko mapigilang kiligin ng mahina at bahagya pang tusukin sa tagiliran si Max!

Kinikilig ako heheheheheh! Kinikilig ako para sa kaibigan ko! Yiiieeeeee!!!!

"D-Destiny?? D-Destiny----Yaaaak!!!" malakas na sigaw ni Deib kay Kev!

"Anong yak don!? Bading ka ba?!" pang-aasar ni Kev kay Deib!

"Anong bading?! Sinong bading?! Baka ikaw ang bading! Destiny?! Ha! Baka kaltukan kita!?" si Deib!

Eh!?

"Ayaw ko syang tawagin ng Max.. Pein.. o Maxpein dahil masyadong common.. halos lahat ng tao ay isinisigaw yun.. kaya naman Destiny.. Destiny ang itatawag ko sa kanya.. Mas ayaw ko namang tawagin sya ng Taguro dahil ang sagwang pakinggan-----"

"Hindi mo talaga sya pwedeng tawagin ng Taguro dahil ako lang ang may karapatang tumawag sa kanya ng ganon!" sigaw ni Deib sa kanya!

Ohhhh!!!!!!!

Napanganga ako sa sinabing yun ni Deib!!!!

"Hoy Sensui.." tawag ni Max sa kanya!

"T-Taguro.." utal na baling ni Deib sa kanya!

Nagtama ang paningin ni Max at Deib! Sabay kami ni Kev na nagpalipat lipat ang tingin sa kanilang dalawa!

A-Anong nangyayari?!

"Taguro??? S-Sensui??? Hahahahaha!!! Yun ang tawagan nyo!? Wow ah! Kung sabihan mo ng yak yung *'destiny'* ko tapos---ikaw?! Sensui!? Taguro?! Hahahaha! Ano 'to?! Ghost Fighter!? Hahahaha! Kung ganon.. ako si Dennis.. at handa akong magparaya.. makita ka lang manalo Taguro.." si Kev.

WTF???

"H-Hoy! A-Anong Dennis!? Hindi ka kasali!" sigaw ni Deib sa kanya!

"Ha! At ikaw lang ang may karapatang sumali sa Ghost Fighter?! Hahahaha.. Sasali ako.. kung yan ang gusto ng destiny ko.."

"Oo.. ikaw yung Ghost!" sigaw ni Deib sa kanya at saka hinawakan si Max sa braso saka hinila 'to!

"H-Hoy!" sabay naming sigaw ni Kev kaya naman nagkatinginan pa kami!

"Aissh!" singhal ko saka patakbong sinundan sila Max!!!

DEIB'S POV

Mabilis kong hinila si Taguro papalayo sa kanila! At nung makita kong sumunod samin si Naih ay mabilis ko syang sinenyasan na lumayo at napapakamot naman ng ulo na nauna na 'tong maglakad!

"Ano ba!" halatang inis na sigaw sakin ni Taguro! Agad ko naman syang binitiwan!

"Pinagtritripan ka ba non!?" tanong ko at napatingin naman sya ulit sakin!

"Hinde! Tss.."

"E anong destiny ang pinagsasasabi nun!?"

"Ewan ko!"

"Pumayag ka naman?!"

"Nang ano!?"

"Magpatawag ng destiny sa kanya! Ang baduy mo ah!"

"What!?" inis na tanong ko! Pero hindi sya sumagot!

Ngingisi ngisi syang pumamewang at parang hindi makapaniwalang tumingin sakin habang nakakalokong nakangiti.

"E ikaw?? Pinagtritripan mo na naman ba ko ha?!"

"Ha?!" takang tanong ko. **"Anong pinagtritripan!?"**

"Tss.. e ano 'tong pinag-aaasta mo sa harap ko ngayon ha Sensui!?"

"Tch! Alam mo naman e! Nagtatanong ka pa!"

"Alam ko?! Ang alin?!" maang-maangang sabi nya at seryoso pa!

"H-Hindi ba't sinabi ko na sayo kagabi!?" tanong ko na medyo lumapit pa sa kanya! Taas kilay naman syang tumingala sakin!

Ang cute cute nya...

Gusto kong hawakan ang magkabilang pisngi nya at titigan yun magdamag pero sa sobrang nginig ng dalawang kamay ko.. alam kong hindi ko yun magagawa!!!

"Limot ko na lahat yung kagabi e.."

"H-Ha!?"

"May napag-usapan ba tayo kagabe!?"

"Tch! Nakalimutan mo?? O gusto mo lang ulit-ulitin ko!?" sarkastikong tanong ko sa mukha nya at napailag naman agad sya.

Hindi sya nakasagot at ayun na naman ang maangas na dating nya!

Asta syang aalis pero mabilis ko naman syang hinila..

"Halika muna dito.." nakangiting hila ko sa kanya..

****TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!****

Halos magputukan ang mga ugat ko sa bilis ng daloy ng dugo sa buong katawan ko sa dahil sa mabilis na pagtibok ng puso ko nung magtama ang paningin namin!!!!!

Masyadong malakas ang pagkakahila ko sa kanya at nagkalapit masyado ang mga mukha namin!!!

Ako ang kusang lumayo sa kanya!!!!

"M-Manood ka ng laro ko.." pilit inaayos ang tono'ng sabi ko.

"May laro rin ako.."

"A-Anong oras?!"

"A-Alas onse---"

"Tch! Alas onse pa pala e! May laro ako ng 9am! T-Taguro naman.."

"Tss.."

"Manood ka na.. gusto ko nandon ka.."

"Eh?! E pano naman ako?! Ayokong pumunta dun!"

"B-Bakti ba ayaw mo!? Kahapon naman nanood ka ng laro ko! Tumabi ka pa sakin nung pinapanood mo si Parrot! Ngayon niyayaya ka na nga ayaw mo pa!"

"E sa a-ayoko e.."

"Tch! Iniiwasan mo ba ako!?"

"May dahilan ba para lumapit ako!?"

"Wala.. Pero may dahilan rin ba para iwasan mo ko!?"

"Meron.."

"A-Ano??" kabadong tanong ko.

"Tss.. Makakapaglaro ka naman ng wala ako di ba!?" biglang sarkastikong tanong nya.

"Noon yun.. hindi na ngayon.." sarkastiko ring tanong ko at agad namang kumunot ang noo nya. Bumuntong-hininga muna ako bago muling nagsalita.. **"Ngayon.. mas makakapaglaro ako kung makikita kitang nanonood.. baka nga lahat ng bola'ng ipasa sakin maihulog ko e hahahaha----"**

"Hindi ako manonood.."

"Bakit?!" inis na tanong ko.

"Dahil ayoko.."

"Manood ka sabi!!!!!"

"Tss.. bakit nangengelam ka?!"

"E gusto ko ngang nandon ka!"

"Ha! Ako ba magpapasa ng bola sayo ha!?" inis na tanong nya!

"Hindi! Pero ikaw ang makakapagpahulog ng tira ko.." nakangising sagot ko.

"Eh!?"

"Mmm.. dahil maganda ang laro ko kapag nakikita kita sa paligid ko.. Kaya wag mo na subukang tumakas.. dahil hindi ko uumpisahan ang laro ko kung wala ka sa paningin ko.. Naiintindihan mo!?" nakangiting sagot ko pero hindi sya agad sumagot.. Seryoso ang mukha nya at nakatingin ng deretso sakin! Saglit nya pa akong tinitigan bago nagsalita!

"Pwede bang tigilan mo na 'to?!"

"A-Ang alin!?"

"Etong ginagawa mo! Hindi ako natutuwa sayo!" sigaw nya!

Hindi ako nakasagot!

"Kung ano man yang trip na pinapauso mo.. tigilan mo na.. Dahil hindi yan uubra sakin at hindi ako natutuwa.." seryosong sabi nya at naglakad papalayo..

"Tsk! E sino ba kasing nagsabing nantritrip ako!?" inis na bulong ko sa sarili ko at sinundan sya ng tingin!

"Tss.. hindi naman na bago sakin ang pangtritrip mo.."

"T-Taguro.. seryoso ako.."

"Seryoso rin ako.. at sinasabi ko sayong tigilan mo na.."

"E anong gagawin ko?!"

"Tigilan mo na nga!" sigaw nya at natigilan naman ako! **"Tigilan mo na dahil hindi nakakatuwa.."**

"Hindi nga kasi ako nantitrip---gusto nga kita! May gusto ako sayo!"

"Tss.. sinong gago ang maniniwala sayo?!" sarkastikong tanong nya. **"Matapos nung mga katarantaduhan na pinaggagawa mo sakin sa tingin mo maniniwala ako sayo!?"**

May point sya at kinabahan ako!

Paano ko nga ba sya mapapaniwalang may gusto ako sa kanya kung ganon ang naging nakaraan namin!?

Hindi ako nakasagot sa kanya at salubong pa rin ang kilay nya habang nakatingin pa sakin!

"Sinasabi ko sayong tigilan mo na habang maaga pa.. dahil hindi ka matutuwa kapag ako ang nantrip sayo.." pagdidiin nya at saka muling tinalikuran ako!

Seryoso nga kasi ako e..

Nanlambot ang mga tuhod ko at bumagsak ang mga balikat ko!

Nakakainis naman!

Inis akong naglakad papunta sa room namin at agad naman akong sinalubong ni Tob.

"Hoy!" sigaw nya at hindi ko naman sya pinansin.

Dumeretso ako sa table ko at inilapag ang mga gamit ko.

"Okay ka lang dre?!" tanong nya, bakas sa tono nya ang pag-aalala..

Hindi ko pwedeng sabihin sa kanyang umamin na ako.. baka kumalat! Malamang mas aasarin akong magdamag nito..

SIGHS...

Hindi naman siguro sasabihin ni Taguro yun.. Tch! Hindi nga sya naniniwala e! Ang tibay nya na lang kung ipagkakalat nya pa yun!

Inayos ko ang gamit ko saka ako dahan dahang tumingin sa kanya... nang nakanguso..

"N-Napapaisip kasi ako e.." pagsisinungaling ko.

"Ano yun?!" mahinang tanong nya sakin.

"K-Kung pano ko m-mapapapaniwala si T-Taguro sa n-nararamdaman ko??"

"Ha? Bakit naman?!"

"K-Kasi.. h-hindi maganda yung nangyari samin nung una----alam mo naman k-kung p-pano kami nag-umpisa di ba?? K-Kung a-anu-anong pinagdaanan namin.."

"Oo nga.. oh e anong problema??"

"A-Ayun nga.. h-hindi ko alam kung pano ko sya m-makukumbinsi.."

"Na ano??"

Nakakabadtrip naman 'to!

"N-Na gusto ko nga sya!" inis na sagot ko!

"Hahahahahahahahahahhahaha!"

"A-Anong nakakatawa?!" inis na tanong ko.

"Hahahahahahahahahahahahaha!" malakas na tawa na naman nya!

Nakakainis! Wala nang makausap ng matino ngayon! Lahat na yata ng tao hindi naniniwala sakin ! Seryoso nga ako!

"A-Ano bang nakakatawa?!"

"Hahahahah.. akala ko ba wala kang balak na *'ligawan'* sya?!"

HINDI AKO NAKASAGOT!

"Kung *'wala'* ka talagang balak na ligawan sya.. bakit inaalala mo pa kung maniniwala sya o hindi?! Hahahaha! King ina dreeeee!!! Umamin ka sakin!? Hahahahaha.. puchaaa ohhh! Woooohhh!!!!"

ngiting ngiting panunukso nya! **"Ramdam na ramdam na kita Deib hahahaha!"**

"M-Manahimik ka nga! H-Hindi naman sa ganon! W-Wala pa rin talaga akong balak na ligawan sya!"

"E bakit ka nagtatanong!? Hahahaha! Bakit interesado ka kung pano mo sya makukumbinsi ha!?"

"E-Eh kasi nga n-napapaisip ako!" pagsisinungaling ko ulit! **"N-Napapaisip ako.. p-paano k-kung---"**

"Pano kung halimbawang maisipan mo na syang ligawan!? Pano mo sya makukumbinse?!" biglang seryosong tanong nya!

"Edi ngayon pa lang.. patunayan mo na.." nakangiti munit seryosong sagot nya.

"P-Pano nga?!"

"Ssshhkkkk.. pano nga ba?! Kasi kung ako man sa lagay ni Taguro... sshhhkk mahihirapan rin akong paniwalaan kung sasabihin mo saking gusto mo ko matapos mo kong i-bully ng ilang linggo! Pero kung.. ipaparamdam mo naman sakin ng todo na may gusto ka talaga sakin.. sa tingin ko paniniwalaan naman kita.."

"P-Pano nga kasi?! Pano?! Anong gagawin ko para maiparamdam sa kanya na may gusto nga talaga ako sa kanya!?"

"Wag mo na akong tanongin dre.."

"Ha!?"

"Kasi magkukusa yan hehehe.."

"P-Pano?!"

"Anak ng---puro ka pano e! Sinabi na ngang magkukusa yan! Basta hayaan mo lang ang sarili mo! Kusang mag-eexpress ng feelings yan kahit pigilan mo! Kapag napigilan mo.. hindi pa meant to be.. pero kapag naexpress mo.. meant to be yan hahahaha! Sige na sige na.. magbihis ka na!"

"G-Ganon ba yun!?"

"Enrile! Yanai! Move!!!" si Coach!

"Y-Yes Coach!" malakas na sigaw namin!

Nag-ayos kami ng sarili at maya maya lang ay nasa Court na kami!

"Kyaaaaaaaaaaa!!"

"Waaaaaaaaaaaaa!!"

"Gooooo BIS!"

"Ayaaannn na ang big threeee!!"

"Waaaaa goooo gooo gooo Deib!"

"I love youuuuu Deib!"

"Goooo Leee!!!"

"Goooooodluck Tooooobbb!"

"Galingan nyooooo!"

Kahit anong sigaw ng crowd.. kung hindi ko naman nakikita si Taguro.. wala akong ganang maglaro..

Naiinis pa rin ako! Nababadtrip ako!

Bakit ba kasi ayaw nyang manood!? Tch! Gusto nya lang yatang makasama yung punggok na yun e!

"Okay guys.. its BIS versus Ovillo Lit Menil School of Elites.. nakalaro nyo na sila noon at alam kong kaya'ng kaya nyong manalo.." si Coach. **"Tulad lang ng dati boys.. konting ingat.. mag-isip ng maigi.. gamitin ang abilidad.."**

"Yeeeess Coach!"

"Okay on three.."

"Let's gooo BIS!" malakas na sigaw ng team namin maliban sakin..

Wala talaga akong gana..

Mabilis na nagsimula ang game.. nakakahulog ako pero ang bagal kong kumilos.. Ang totoo wala pa rin naman akong sablay pero nanghihina ako talaga.. Ang bilis kong mapagod at naiinis pa rin ako!

Hindi mawala si Taguro sa isip ko!

'Kung nandito lang sya edi mas maganda sana ang laro ko!'

"Deib!" dinig kong sigaw ni Tob at....

~BLAAAAAAAAAAAGGG!!!!~

~PRIIIIIIIIIIIIIIIIIIIIITTTTTT!!!!~

"Bwaahahahahahahahahahaha!"

"Hahahahahahahahahahahah!"

"Awwwww!"

"Ouuuuccchhh!!!"

"Anong nangyayari kay Deib!?"

"Hindi kasi tumitingin e!"

"Hahahahahah ang lakas nun pucha!"

"Hoyyy wag nyo namang pagtawanan ang labidabz ko!"

"Tse! Yung labidabs mo bangas na ang mukha!"

"Gwapo pa rin naman!!!"

'PAAAAAAAAKKKSSSHHHEEEETTTT!!!!'

TINAAMAAN AKO NG BOLA SA MISMONG MUKHA!!!

"D-Deib! Are you okay!?" dinig ko ang boses ni Lee habang nakaupo ako sa sahig at hawak ng isang kamay ang mukha ko!

"Deib! Deib! Okay ka lang dre?!" si Tob.

"O-Okay lang.." sagot ko at saka tumayo.

"Deib! Oh my God are you okay!?"

"K-Kim!?" gulat na usal ko.

"Okay ka lang?! Saan ang masakit---"

"D-Don ka na lang Kim, you're not allowed here.."

"No.. break muna! Break muna!" sigaw nya sa referee! **"Are you okay!? Namumula ang mukha mo! Oh my Goooodd!!! Ang ilong mo!!!"**

Hinawakan ko ang ibabang butas ng ilong ko at...

MAY DUGO!!!!

"Demmit.." mahinang usal ko!

"Sino ba kasing bumato!" sigaw ni Kim!

"S-Sorry.. Sorry Enrile.." sabi ni Jay Magsino, Captain ng kalabang team.

"O-Okay lang.." sagot ko.

"Anong okay lang---"

"Kim!" tawag ko sa kanya at natigilan naman sya! **"Okay lang ako.. Don ka na muna dahil hindi ka pwede dito okay!?"**

~PRRIIIIIIIIIIITTTTTTT!!!~

"O-Okay..." napapahiyang sabi nya at saka pinunasan ang ilong ko!

Mabilis naming tinapos ang laro at nanalo kami!

Tatlo lang naman ang lamang pero ayos na rin yun! Iginala ko pa muna ang mata ko sa kabuuan ng Court pero wala talaga si Taguro!

Ang tibay! Hindi talaga nanood!

Nanlulumo akong naglakad kasabay ng team mates ko pero nasa huli ako.. bago pa man tuluyang pumasok sa Canteen ay nagpaalam muna akong dadaan sink area para maghilamos.. Dalawang beses kong hinilamusan ang mukha ko at hinugasan ang dalawang kamay ko saka ako nagpunas ng mukha at..

"Anong nangyari dyan sa mukha mo?" walang emosyong tanong ni **TAGURO**! Inis naman akong inihinto ang pagpupunas na ginagawa ko at tinitigan sya!

"Sinabi ko na kasi sayong manood ka---tignan mo ang nangyari sakin!"

"Lah! Inaano kita!?" tanong nya!

"Kaiisip ko sayo.. tinamaan ako ng bola!" inis na sabi ko.

"Ha! Nababaliw ka na ba?!" sarkastikong tanong nya!

"Sayo!? Hindi pa naman.." sarkastiko ring tanong ko. **"Pero handa akong mabaliw para sayo.."**

"Tsssaa!" natatawa kunwaring sabi nya at saka unti-unting sumeryoso habang nakatingin sakin. **"Kung ganon.. ngayon pa lang magparehab ka na.. dahil tingin ko magiging malala ka.."**

"Okay lang.. kung sayo naman e.. Mababaliw ako sayo.. pero magtitino rin ako ng dahil sayo.." nakangising sabi ko at kitang kita kung panong nawala ang ngiti sa mga mukha nya at ayun na naman yung maangas na itsura nya!

d--,bv

Hindi ko naiwasang mapangiti sa harap nya..

Angsarap mong titigan kapag ganyan ka Taguro..

"Ano? Hahahaha.. Hindi ka makasagot??" nangising pang-aasar ko habang dahan dahang lumapit sa kanya.. at tumingin ng deretso sa mga mata nyang bakas ang pagkailang! **"Wag mo kong dadain sa mga pananakot at angas mo Taguro.. dahil kapag sinabi kong gusto kita.. *'GUSTO KITA'*.. Baka nakakalimutan mong, lalaki pa rin ako at babae ka?? Wag kang magsalita ng tapos.. Hintayin mong patunayan ko sayo.. na kahit galit na galit ako sayo noon.. nagawa pa rin kitang gustohin ngayon.. Naiintindihan mo??"**

Hindi sya nakasagot!

Nanatili syang nakatingala sakin dahil sa sobrang lapit ko sa kanya..

Tinitigan ko syang maige habang nililipad ang buhok nya..

OceanofPDF.com

CHAPTER 108 : INTERHIGH

MAX'S POV

"Wala kang laro?"

Napahinto ako sa paghithit ng sigarilyo ng marinig ko ang pamilyar na boses na yun.

Hindi ko naman sya nilingon at nagtuloy lang ako.

"Anong makukuha mo dyan sa paninigarilyo mo? When I was your age.. inom lang ang bisyo ko.."

"Umiinom rin naman ako.. kapag trip ko.." seryosong sagot ko at nagtuloy sa paghithit nun. Hindi ko sya nilingon munit nakikita ko sya sa gilid ng mga mata ko.

"Katulad na katulad ka talaga ng Mommy mo.."

Hindi ako nagsalita.

Hindi ko sya nilingon.

Hindi rin ako nabigla.

Nakinig lang ako.... kay *DADDY*.

"Namana mo ang mukha ko pero.." tumawa pa sya ng bahagya. **"..ang kabuuan mo ay nakuha mo sa kanya.."** bumuntong-hininga pa si Dad. **"Sana lang.. kung ano ka ngayon.. kung ano ka man ngayon.. h-hanggang dyan ka na lang.. wag ka ng lumayo pa.. Wag ka sanang magaya sa kanya.."**

Tagalog naman ang sinabi nya pero..

Hindi ko maintindihan..

Malakas naman ang pagkakasabi nya pero..

'Wala akong naintindihan..'

"Ano ba sya?" pilit ang ngiting tanong ko na nilingon pa sya. Tumingin naman si Daddy sakin.

Pilit kong binasa ang emosyong meron sa mukha nya pero parang *'AWA'* ang nakikita ko don..

Nanghihinayang..

Naaawa..

Nalulungkot..

Dahil ba lumaki ako ng hindi ko sya nakasama?? Tss.. Hindi ko naman kasalanang wala sya sa tabi ko hindi ba?

"Hindi sya kasing buti mo.." pilit rin ang ngiti'ng sagot ni Dad sakin. At nung marinig ko yun ay ramdam ko kung paanong ang pilit na lamang na ngiti sa mukha ko ay napalitan pa ng pagkunot ng noo ko.

Anong ibig nyang sabihin?!

"Hindi ka ba manonood ng mga laro sa loob??" biglang tanong nya at dun naman nabaling ang atensyon ko.

"W-Wala namang laro ang school namin sa billiards ngayon.. maya maya pa---"

"May laro ang BIS ng Basket ngayon hindi ba?"

"H-Hindi ko alam.." sagot ko.

Hinintay kong sumagot si Daddy pero hindi sya nagsalita kaya naman nilingon ko sya at bahagya pa akong nagulat nung makita kong nakatingn sya sakin at nakangiti!

"B-Bakit?" tanong ko.

"Are you trying to avoid him?" nakangiting tanong ni Dad sakin at mas nagulat ako!

"Tss.. bakit ko naman gagawin yun?" tanong ko na muling iniiwas ang tingin ko sa kanya.

"Dahil may gusto sya sayo.."

Pano nya nalaman!?

Saglit pa akong natigilan pero hindi agad ako tumingin kay Dad..

Inalis ko muna ang pagkagitla sa mukha ko at saka ako dahan dahang tumingin sa kanya!

"Bakit mo naman nasabi yan?" muling seryosong tanong ko.

"Nararamdaman ko lang.."

"Eh?" natawa pa ako kunwari. **"Bakit ko naman sya iiwasan?"**

"Hahahahaha! Lalaki rin ako Pein.. kaya alam ko kapag may gusto ang isang lalaki sa anak ko.."

"So?"

"Mmm.. maaaring *'alam'* mo ng may gusto sya sayo.. o *'nararamdaman'* mong may gusto sya sayo.. kaya umiiwas ka sa kanya.."

"Tss.."

"You're single.. why don't you try---"

"Hell no.." mahinang sabi ko sa mukha nya.

"Why?" natatawang tanong nya!

"Anong why!?" inis na tanong ko.

"Why not? He looks nice.." tatangu-tango pang sagot ni Dad.

"Nice?! Tss.. Anong ginawa nya para sabihin mong nice sya Dad? He's not.." seryosong sagot ko!

"He's nice to me.. kaya for he's nice.."

"For me he's not.." inis na sabi ko. **"Sya lang naman ang nagpahirap sakin sa ikli ng itinagal kong yun sa BIS.. yung ikli pa lang ng ipinapasok kong yun ginawa nyang impyerno yung araw araw na pagpasok ko.."** inis na sabi ko. **"Kung hindi nya ako sinimulan.. hindi sya gagayahin nung ibang tao'ng nantrip sakin.. Kahit pa sabihin nyang hindi nya ginusto'ng gayahin sya nung iba.. kung hindi nya talaga ako sinimulan.. hindi magiging matunog ang pangalan ko sa school na yun.."**

"Yung Taguro?"

"Tss.. Lahat!" inis na sabi ko pa! **"Bastos na nga ako.. mas lalo pa akong naging bastos! Dahil pati yung matataas na tao sa school na yun ay nakakausap ko! Tulad na lang nung Lolo nya! Kung hindi nya naman ako pinagtripan.. hindi kami makakaabot sa Dean's Office! Nalaman pa tuloy ng Lolo nya yung kabastusan ko! Kung hindi nya rin ako sinimulan.. hindi ako maoospital ng paulit-ulit! Kahit pa sabihin nyang hindi sya ang may kasalanan! Sa mata at isip ko.. sya lang.. sya lang ang may kasalanan kung bakit ko naranasan lahat yun.."** seryosong sabi ko.

Pero nagulat ako nung pagtawanan nya lang ako matapos nung mga sinabi ko!

Anong klase'ng tatay ba naman 'to!?

"Tss.. sige tawa pa.. Ang tunay na erpats.. ayaw nasasaktan ang anak nya.." inis na sabi ko.

"Hahahahaha! Ikaw pa??? Uurong sa isang bully? I don't think so.. Baka nga mas natakot mo pa sya kaysa natakot ka nya.."

"Isip bata kasi.."

"Hahahahaha.. ayun nga.. Hindi nya pa rin kaya'ng gawin yung mga bagay na kaya mong gawin sa kanya.. kaya paniguradong sa huli.. talo sya sayo.."

"Talo nga.. talo'ng talo.." nangingiti pang sabi ko.

Nangiti ako dahil naalala ko yung mga pinagsasasabi nya sakin kagabi..

Tss.. napuyat ako kaiisip dun! Hindi ko alam kung dapat ko bang paniwalaan yun o hindi!

At napagdesisyunan kong hindi na lang paniwalaan.. hindi naman ako mamamatay kung hindi ako maniniwala sa kanya.. Tss..

"Kung magkakagusto sya sayo.. may pag-asa ba sya?"

May alam 'to e.. hinuhuli lang ako.. Tsk tsk..

"Bakit mo naman naitanong yan?" seryoso kunwaring tanong ko.

"Wala naman.. pumasok lang sa isip ko.. hehehehe.."

"Tss.."

"Wala namang masama kung sasagotin mo.."

"Tss.. At bakit ko naman sya sasagotin?!" gulat na tanong ko!

"Yung tanong.. wala naman kakong masama kung sasagotin mo yung tanong.."

"A-Ahh.. hehehehe.. Akala ko.. A-Ano ba kasi yung tanong?! Hehehe.." napapahiyang tanong ko.

"Na kung magkakagusto man nga sya sayo e may pag-asa ba sya sayo?" natatawa pa ring tanong ni Dad.

Bakit naman sya magkakaron ng pag-asa?! Sa dami ng katarantaduhang ginawa nya sakin... maski kakakaunting pag-asa hindi ko sya bibigyan!

"Wala.." agad na sagot ko.

"Oh? Bakit naman?" takang tanong ni Dad.

"Dahil ayoko.. ayoko sa kanya.."

"Hahahahaha.. bakit mo naman nasabi yan?"

"Marami masyadong dahilan para hindi ko sya magustohan.."

"Dahil ba sa mga nagawa nya?" tanong nya at hindi naman ako sumagot. **"Hahahaha.. mawawala rin yan.."**

"Tss.. Oo naman.. mawawala rin 'to Dad.. kapag hindi ko na sya nakikitang humihinga.."

"Baka nga wala na e hehehehe.."

Marunong pa sakin!?

Ewan ko ba kung bakit pinakiramdaman ko pa rin ang sarili ko matapos nyang sabihin yun!

Pinakiramdaman ko ang sarili ko kung meron pa nga akong galit para kay Sensui dahil sa dami ng mga katarantaduhan at kalokohang ginawa nya sakin..

'Parang hindi naman ako nagalit dun.. Tss.. napaka-immature lang talaga nung mga acts nya.. naiinis siguro, oo.. Pero galit?? Nagalit nga ba

ako??'

"Oh.. hindi ka naman talaga nagalit??" dagdag tanong nya pa.

Napatingin ako kay Dad at nakangisi sya sakin!

Bakit ba nababasa nya ang isip ko!?

"A-Ano bang sinasabi mo Dad?! Tss! Syempre nagalit ako! Sino ba namang matutuwa dun!?"

"Hahahahaha.." tinawanan nya lang ako!

"Stop it Dad.. I don't like him.. end of story.."

"Wala naman kasing masama kung susubukan mo.. hahahaha.."

"Suuuus.. ginoo.. Dad...! Dad!" panggigising ko kunwari sa kanya! **"Puro kalokohan ang ginawa sakin nun nung una.. hindi ako bobo para pumulot pa ng bato'ng ipupukpok sa ulo ko! Tss!"**

"Hahahahahahahahahaha!"

"A-Anong nakakatawa?! Tss.."

"Nakakatawa dahil *'wala'* naman akong binanggit na pangalan pero may *'tinukoy'* ka.."

Muli kong inisip lahat ng sinabi nya!

Wala nga!!!

"Sino ba ang tinutukoy mo Pein?" nakangising tanong nya at agad ko namang iniiwas ang paningin ko sa kanya. **"Aahhh.. si Deib Enrile ba??"**

Hindi ako sumagot! Narinig ko pa syang bumuntong-hininga!

"Hindi ko naman sya binabanggit.. bakit sya ang naisip mong tinutukoy ko??"

Tsk!

"Hmmm----"

"Pwede Dad?!" inis kunwaring sagot ko.

"Hahahaha oh bakit? Hindi ba't wala naman talaga akong binanggit na pangalan? Bakit si Deib ang naisip mo?"

Demmit! Bakit nga ba?! Letse naman oh..

"Tinutukso mo ba ko dun ha!?" inis kunwaring tanong ko para mawala sakin ang usapan.

"Hahahaha.. ganon ba ang dating sayo anak?"

"Oo!"

"E baka ganoon nga hahahaha---"

"Tigilan mo na dahil hindi ako natutuwa!"

"Matutuwa ka rin nyan sa huli.. sa ngayon kasi ay hindi mo pa totally tanggap.. Pero trust me.. dadating yung oras na maniniwa----"

"May nalalaman ka ba Dad?!"

"Ha? Hahahahaha.. w-wala ah! Wala.." matinding pagtanggi nya!

Parang meron e.. meron talaga!

"Mukhang boto'ng boto ka dun ah?!"

"Hahahahaha.. hindi naman sa ganon---"

"Tara na nga sa loob.. Baka tapos na laro nun.."

"Bakit hindi ka nanood?"

"Ayoko e.. panalo naman panigurado yun.."

"Paano mo naman nasabi?" nakangising tanong ni Dad sakin at inirapan ko naman agad sya.

"Dahil magagaling naman sila! Silang lahat!" malakas na sagot ko at saka inakay sya papasok sa loob ng campus.

Sa kalagitnaan ng paglalakad namin papasok ng SIS ay agad nyang natanaw si Maxwell.

"Dad.." nakangiting salubong ni Maxwell sa kanya at nagyakap pa sila. **"How are you feeling?"** baling nya naman sakin.

"Okay naman na.."

"Why? What happened?" gulat na tanong ni Dad.

"Hindi ba nabanggit ni Lolo? Dinala sa ospital kahapon yan dahil inatake ng ulcer.. katigasan ng ulo.."

Tinaasan ko naman ng kilay si Maxwell.

"Tss.. sino namang maniniwala sayo'ng ang ulcer ay dahil sa katigasan ng ulo!?" inis na tanong ko!

"What!?"

"Ang sabi mo.. inatake ako ng ulcer dahil matigas ang ulo ko!? Ulo ko ba ang ngumunguya ng mga pagkaing napupunta sa tyan ko!?" pang-iinis ko sa kanya.

"Aiissshh!" inis na sugod sakin ni Maxwell na umastang kokotongan ako pero ngingisi ngisi akong umatras.

"Enough.. Pein.." baling sakin ni Dad.

"D-Dad.."

"May ulcer ka?"

"Mmm.."

"Bakit hindi ka nagsasabi?"

"E natreat na kasi dati yun sa Korea.."

"Oh tapos?"

"Hindi ko alam kung bakit biglang bumalik.. kasama ko nun si Mokz nung maexperience ko ang ganitong sakit.. at nasa Korea ako nun.. ngayon lang sya bumalik matapos ang halos dalawang taon.." nakangusong sagot ko.

"Malala ba ang ulcer nya Maxwell Laurent!?"

"Hindi naman Dad.. treatable pa naman.. Pero kung ganyan katigas ang ulo ng pasyente, hinahayaan na lang.."

"Hindi sabi matigas ang ulo ko e.. Lahat kaya ng pinagsasasabi mo dun sa ospital e sinunod ko!? Dok Maxwell!? Tss.."

"Ahh.. kaya pala!" sigaw nya na pinitik pa ang tenga ko! **"Ngayon pa nga lang amoy sigarilyo ka na----sumunod pala ah!?"**

"M-May sinabi ka bang b-bawal rin yun!? Wala naman ah.."

Pinitik nya ako sa noo!

"A-Aray ah!"

"Matagal mo ng alam yang sakit mo kaya imposible'ng hindi mo alam yun! Sa laki mong yan kailangan ko pa bang sabihin sayo lahat ng kailangan mong malaman!?"

"Tss.. so inaasahan mong kusa akong magbabasa ng tungkol sa sakit ko ganon?! Samantalang *'trabaho'* mo yun bilang doktor?!"

"I'm telling you this as your older brother not as your doctor!"

"Pabibo ka noh!?" pang-iinis ko sa kanya!

"Tsk tsk tsk.. Maxpein??" biglang singit ni Dad! Napatingin naman ako sa kanya at salubong ang kilay nya!

"Oh?" nakangusong tanong ko.

"Bakit hindi ka sumusunod sa Kuya mo?"

"S-Sumusunod naman e.. e-eto lang ang hindi ko alam.."

"A-Aray ah! Nakakadalawa ka na ah!" sigaw ko na inambaan pa sya ng suntok!

"Enough! Ano ba!" sigaw naman ni Dad kaya huminto kami! Parang batang pinandilatan at dinilaan ako ni Maxwell sa harap ni Dad!

Pinaliwanag sa kanya ni Maxwell ang sakit ko at ang mga gamot ko ganon na rin ang mga paraan para mawala yung sakit ko na yun dahil sabi ni Maxwell ay delikado at nakakamatay rin daw ang ulcer kapag lumala.. Kaya naman hanggat maaga ay kailangang matreat ang sakit ko..

"I'll go first Dad.. may klase pako.." si Maxwell.

"Mmm sige.. hinihintay rin ako nila Mokz.." si Dad.

"Sige na.. Hoy Pein.."

"Letse!"

"Hahahahah binibiro ka lang e.."

"Ikaw kaya biruin ko ng sapak?! Gusto mo!?"

"Maxpein.." tawag ni Dad sakin.

"Geh!" inis na paalam ko kay Maxwell.

"Goodluck.. galingan mo.. Kailangan pagdating ko dun, panalo ka..."

Tss.. wag ka ng manuod!

"Salamat.."

"Manonood ako mamaya kaya galingan mo ah?"

"Geh.."

Pinanood namin ni Dad na maglakad papalayo si Maxwell at saka kami naglakad ulit ni Dad.

"San ka nyan Dad?"

"Pupuntahan ko sila Mokz.. kasama nya sila Dad.." patungkol nya kay Chairman Moon.

"Mmm.. so mauna na muna ako don.. pupuntahan ko sila Naih.. Nood ka ng laro ko mamaya ah?" nakangiti pang sabi ko.

"Oo naman syempre.."

"Sige sige.."

"Sige.. galingan mo.."

"E ano pa nga ba?!" pagyayabang ko.

"Hahahahaha!" at nagtawanan kami.

Naghiwalay kami ni Dad bago pa makarating ng court kaya naman napatingin pa ako sa court nung makita kong naglalabasan na ang mga students..

Tapos na siguro..

Andaming iiling iling.. pero mas marami ang masaya..

Nanalo kaya sila?

Hindi ko na pinansin pa ang mga yun at naglakad na ako papunta sa Canteen pero..

Hindi pa man ako tuluyang nakakarating sa Canteen ay nakita ko si Sensui sa may sink.

Anong ginagawa nyan dyan?! Naghihilamos?! Tss.. buti hindi sya maarte!?

Dahan dahan akong naglakad papalapit sa kanya at kitang kita ko pa kung pano nya hilamusan ang mukha nya..

Tss.. napuyat ako kaiisip sa mga hindi ko maintindihang kalokohang pinagsasasabi mo..

Eksaktong paghinto ko sa harap nya at nagtama ang paningin namin..

Nakatakip ang towel at isang kamay nya sa bibig nya at ang mga mata nya ay deretsong nakatingin sakin..

Napatabingi pa ang ulo ko nung makita ko ang pulang pulang ilong nya!

Anong nangyari dyan? Tss.. naglaro lang.. nabangasan na?

"Anong nangyari dyan sa mukha mo?" walang emosyong tanong ko. Pilit kong itinago ang pagtataka ko dun sa namumulang ilong nya

"Sinabi ko na kasi sayong manood ka---tignan mo ang nangyari sakin!"

dO_Ob

"Lah! Inaano kita!?" gulat na tanong ko.

Tss.. pakelam ko ba kung nagkaganyan yan!?

"Kaiisip ko sayo.. tinamaan ako ng bola!" halatang inis na sigaw nya!

Kaiisip sakin!?

"Ha! Nababaliw ka na ba?!" sarkastikong tanong ko!

"Sayo!? Hindi pa naman.. Pero handa akong mabaliw para sayo.."

"Tsssaa!" natatawa kunwaring sabi ko at saka unti-unting sumeryoso habang nakatingin sa kanya. **"Kung ganon.. ngayon pa lang magparehab ka na.. dahil tingin ko magiging malala ka.."**

"Okay lang.. kung sayo naman e.. Mababaliw ako sayo.. pero magtitino rin ako ng dahil sayo.." nakangising sabi nya at ramdam ko ang unti-unting pagkawala ng pilit na ngiti sa mukha ko!

Nag-uumpisa na naman sya!

"Ano? Hahahaha.. Hindi ka makasagot??" nangising tanong nya at hindi ko maiwasan ang mailang sa mga titig nya!! **"Wag mo kong dadain sa mga pananakot at angas mo Taguro.. dahil kapag sinabi kong gusto kita.. *'GUSTO KITA'*.. Baka nakakalimutan mong, lalaki pa rin ako at babae ka?? Wag kang magsalita ng tapos.. Hintayin mong patunayan ko sayo.. na kahit galit na galit ako sayo noon.. nagawa pa rin kitang gustohin ngayon.. Naiintindihan mo??"**

Hindi ako nakasagot!!!!

Agad akong napatingin sa tagiliran ko at pilit na iniiwas ang paningin ko sa deretsong titig nya!

WTF are you saying!

"Kumain ka na ba?!" biglang tanong nya at napatingin naman ulit ako sa kanya!

Gulat akong makitang nasa harap ko na mismo sya!

"Hoy! Kumain ka na ba!?" natatawa pang tanong nya.

"Wala akong gana.."

"Ha!? Bakit naman!?"

"Nakita kita e.." walang ganang sagot ko.

"A-Ano?! At kailan pa nakakawalang ganang kumain ang mukha'ng 'to!? Hahahahaha! Hoy.. para sabihin ko sayo.. maraming babae dyan ang nabubusog na matapos akong makita at binabangugot pa kapag nakita ang ibang parte pa ng katawan ko.. Kaya wag mo sabihing nawalan ka ng gana dahil nakita mo ko.."

"Sa dami ng babae'ng yun.. kakaiba ako.." nakangising sabi ko. **"Dahil sa dinami dami ng gwapo'ng lalaking nakita ko.. iisa lang ang nakapagpatibok ng puso ko at hindi ikaw yun.."** seryosong sabi ko at natigilan naman sya..

"Oh e anong ibig mong sabihin?" biglang seryosong tanong nya.

"Nasabi ko na lahat ng gusto kong sabihin.. tinatamad nakong ulitin lahat yun.."

"Ahh.. so ipinagmamalaki mo yung Randall mo?"

Eh!?

Hindi ko sya sinagot!

"Sinasabi mo ba'ng si Randall pa rin ang gusto mo!?" halatang inis na tanong nya at hindi ko naman sya sinagot! **"Tanga ka ba?! May girlfriend na yung tao---"**

"Manahimik ka nga.." pag-uutos ko sa kanya.

"Tch!" singhal nya at hindi na nagsalita. Salubong ang kilay nyang inihawak ang isang kamay nya sa bewang nya at ang isa naman ay nakabagsak hawak hawak ang towel nya at saka ipinalinga linga ang mga mata nya bago tuluyang tumingin sakin at tinitigan ako..

Ano na naman kayang iniisip neto!?

Nakatitig sya sakin habang salubong ang dalawang kilay nya! Parang nag-iisip sya habang nakatitig sakin!

"O sige.." biglang sabi nya.

'Ano na naman!?'

"Sige.. papayag ako.. Hindi kita pipigilan.. Kung talagang hindi mo matanggihan si Randall sige.. bahala ka.. Sumama ka sa kanya!"

Abnormal!

"Pero.." biglang dagdag nya at napatingin na naman ako sa kanya! **"..wag mo rin ako pipigilan sa nararamdaman ko.."**

'.wag mo rin ako pipigilan sa nararamdaman ko..

..wag mo rin ako pipigilan sa nararamdaman ko..

"Tss.. A-Ano bang sinasabi mo dyan!? Nauulul ka na ba talaga---"

"Makinig ka muna kasi!"

"Sinabi ko sayo kagabi na.. ngayong alam mo na ang nararamdaman ko---ayoko ng sasama ka kung kani-kanino at mas lalong lalo na kay Randall hindi ba?!"

"Oh!?"

"Oh.. n-ngayon b-binabago ko na yun.. Sige.. papayagan kitang sumama kay Randall---pero! Wag mo akong pipigilan sa nararamdaman ko! Hahayaan mo kong iparamdam sayong may gusto ako sayo.. gagawin ko lahat ng gusto ko.. sasama ka sakin kapag sinabi ko.. makikipagkita ka sakin kapag ginusto ko.." nakangising sabi nya. **"Kapalit nun.. ay ang pagpayag kong sumama ka kay Randall paminsan minsan.. Kay Randall lang.. Kapag nakita kitang sumama don sa baduy mong *'destiny'*... yari ka saki----"**

"Ha.. Nilolоko mo ba ako!?" inis na tanong ko! Hindi ako makapaniwala sa mga pinagsasasabi nya! Hindi matanggap ng utak ko yung mga pinagsasasabi nya at pakiramdam ko ay parang ako pa yung napapahiya sa mga sinasabi nya!

Nababaliw na ba talaga sya?! Ano bang nangyayari sa kanya!?

"Hindi! Mukha ba akong nanlolоko!? Sa tingin mo ba ay hahayaan ko ang sarili kong magmukhang loko loko?! Hoy Taguro.. malakas akong mangtrip ng tao pero kapag nagkagusto ako sa isang tao.. siniseryoso ko.."

Hindi na naman ako nakasagot!

"Kaya naman sinasabi ko ngayon na.. Pinapayagan kitang sumama kay Randall.. at kay Randall lang.. Kasi kitang kita ko namang hindi mo sya matiis at hanggang ngayon ay may gusto ka pa rin sa kanya.. Kahit ayaw ko.. m-mukha namang wala akong magagawa e.. Kaya sige.. bahala ka sa buhay mo.." nakasimangot talagang singhal nya! **"Pero.. bukod kay Randall ay wala ka ng sasamahang iba lalong lalo na yung baduy na Gonza na yun.. dahil ayoko dun.. ayoko sa kanya.. hindi sya pwede! Okay?!"**

"E sino namang may sabi sayong papayag ako dyan sa sinasabi mo!?"

"Wala.."

"Anong wala!?"

"Wala kang choice kung hindi sundin lahat ng sinabi ko.."

"Tss.. at bakit naman kita susundin!? Anong kala mo sakin!? Me saltek kagaya mo!?"

"Dahil kung hindi ka susunod sakin----sasabihin ko sa buong BIS na girlfriend kita.."

"At alam mo ba kung anong magiging kapalit nun?! Hmmm.. kapag nalaman lang naman ng buong BIS na girlfriend kita.. mas maraming mangtritrip sayo.. Mas maraming magagalit sayo.. maraming manggugulo sayo.. at alam kong ayaw mong mangyari yun.. Ayaw ko rin naman.." natatawa pa kunwaring sagot nya. **"Pero kung yun lang ang paraan para mapasakin ka edi... hahahahaha! Gagawin ko.."**

Siraulo na talaga sya..

"Hindi pa rin ako papayag.."

"H-Ha?! Bakit?!"

"Dahil wala akong pakialam kahit na guluhin ako ng buong BIS---wala akong kinatatakutang tao.." mayabang na sagot ko.

Hindi kaagad sya nakasagot sakin at bahagya pa syang napaisip.

"Ahh.. so kung ganon.. handa kang harapin lahat ng makakaaway mo??"

"Oo.." confident na sagot ko.

"Edi handa ka rin palang maging girlfriend ko?"

Napatingin ako sa kanya!

Nakangiti sya munit seryoso ang mukha nya!

Bakit ba hindi ko naisip yun?

Nakangiti sya habang nakatingin sakin at naghihintay ng sagot ko!

Agad kong iniiwas ang paningin ko sa kanya at tumingin sa iba..

"Kasi kung.. hindi ka natatakot sa mga magagalit sayo kapag nalaman nilang *'tayo'* na.. edi payag ka ngang maging girlfriend ko?"

"Manahimik ka nga?! Wala akong sinabing ganon?!"

"Hahahaha.. e ganon ang sinabi ko.."

"Wala akong pakelam sayo.." deretsang sabi ko at natahimik naman sya!

Nakaramdam ako ng inis! Matinding inis!

Ano bang nangyayari sa kanya?! Sinasabi nya bang kinakailangan ko syang sundin?! Dahil kung hindi ay ipagkakalat nyang girlfriend nya ako?! Tss! Gago ba sya?!

Naiinis ako dahil pakiramdam ko luging lugi ako sa mga pinagsasasabi nya!

E ano bang pake ko!? Hindi naman ako mamamatay kung hindi ako susunod sa kanya! Wala akong pakelam! Bahala sya sa buhay nya!

"So.. o-okay lang pala sayo na sabihin ko sa lahat na girlfriend kita??" biglang tanong nya at napaisip na naman ako!

Bakit nga?! Hindi ko maintindihan kung bakit! Bakit kailangan nyang ipagkalat yun?! Anong kakornihan na naman ba yan?! Bakit nya ipagsasabing gelpren nya ko kung hindi naman? At anong pakelam ko sa mga batas na pinapauso nya?!

E-Eh pano kung totoohanin nya!?

Hindi pwede.. Hindi pwede!

Kapag nangyari yun.. kakalat yun.. maraming makakaalam.. makakarating sa lahat lalo na sa pamilya ko..

Masama pa akong tumingin kay Sensui!

Kilala ko ang ikot ng bituka neto.. malakas ang topak nya at sa tingin ko.. hindi malabong kapag sinabi nya ay ginagawa nya.. tsk! Kapag nagkatao'ng ipinagkalat nyang kami nga..

Makakarating kay Randall!!!

Waaaaaaaaaaa!!! Hindi pwede!!!!!!!

"Oh e a-ano namang mapapala ko dyan sa trip mong yan?!" biglang tanong ko at ngumiti naman sya agad!

"Edi interesado ka na!?" nakangising tanong nya!

"Hindi pa rin.. g-gusto ko lang malaman yung lahat ng laman ng isip mo tungkol sa mga kalokohan mo.."

"Hahahaha! Kunyari ka pa---"

"Sagot agad!" sigaw ko!

"T-Teka naman!"

"Bilis!" sigaw ko ulit at nanlaki ang mga mata nya! **"Anong mapapala ko sa mga trip mong yan!? Ano kamo?! W-Wag kitang pigilan sa mga nararamdaman mo!? Tss.. kalokohan.. Sige nga.. Anong mapapala ko!?"**

"E ano pa!? Edi makakasama mo yang kinababaliwan mong si Randall na niloko ka naman!"

"Tss.. ano bang alam mo?" mahinang bulong ko na mukhang hindi nya naman narinig.

"But don't worry.. hindi rin ako sasablay na iparamdam sayo yung nararamdaman ko.." nakangising sabi pa nya.

Taas-kilay lang na nakinig ako sa kanya.

"Araw-araw ipaparamdam ko sayo'ng gusto kita.. hanggang sa maniwala ka.." nakangiti munit seryosong dagdag nya.

"Kapag dumating yung panahong.. naniniwala na ako dyan sa s-sinasabi mo.. Ano ng mapapala ko??"

"Nice question.." nakangiting sagot nya na bahagya pang lumapit ulit sakin dahilan para tuluyan akong mapasandal sa sink.

Peste!

Nagtuloy sya sa paglapit sakin dahilan para isiksik ko ng todo ang sarili ko sa sink habang papalapit sya ng papalapit sakin.. At nung wala na akong maatrasan.. itinuon nya ang dalawang kamay nya sa lababo at saka ibinaba ang mukha nya kapantay ng mukha ko..

Agad kong iniiwas ang paningin ko at tumingin sa tagiliran.. gayunpama'y kita ko pa rin sya sa gilid ng mga mata ko.

"Kapag dumating yung time na.. naniniwala ka nang *'gusto'* kita.. sisiguraduhin ko munang nararamdaman mo na talagang gusto kita.. at kapag nangyari yun.. oras na para gawin ko ang lahat ng paraang alam ko.. para ikaw naman ang magkagusto sakin.." matamis ang ngiti'ng usal nya**. "Pero nasa sayo pa rin yun kung.. anong gusto mong mangyari.."**

Pilit kong pinalakas ang loob ko at tinitigan ko sya sa dalawang mata nya..

Masyadong malapit ang mukha namin sa isa't isa at nararamdaman ko na talaga ang hininga nya!

Gusto ko syang itulak pero magiging imposible dahil nanghihina ang mga tuhod at braso ko dahil sa mga pinagsasasabi nya!

Sinong babae ba naman ang hindi manghihina sa mga pinagsasasabi nya! Kahit pa sabihin kong wala akong gusto sa kanya.. hindi ako sanay sa mga naririnig ko mula sa kanya kaya natural lang na magkaganito ako!

"D-Deal.." pilit pinalalakas ang loob na sabi ko.

"H-Ha?!"

"I said.. deal!"

"Talaga?"

"M-Mmm.."

"Kol.." sabi nya at napaatras pa! Bakas ang saya sa mukha nya! **"Pwede kang sumama kay Randall... ang kapalit ay ipaparamdam ko sayong may gusto ako sayo.. nasa sayo na yun kung anong gagawin mo kapag napatunayan ko na sayong totoo ang nararamdaman ko at seryoso ako sayo.."**

"S-Sige.. wala ka namang sinabing dapat magkagusto rin ako sayo di ba??? Edi magiging madali lang yan.. yun lang pala e.. hehehehehehe!"

"Hoy!" sigaw nya!

"A-Ano?"

"A-Ano kamo!? A-Anong----"

"Bakit!?" natatawa pang tanong ko.

"Anong sabi mo!? W-Wala ka namang sinabing magkagusto ka sakin!?"

"Oo.. bakit!?" naghahamong tanong ko.

"I-Ibig mo bang sabihin.. porket wala sa usapan nating magkakagusto ka sakin e hindi ka na talaga magkakagusto sakin!?"

Napatingin ako sa mukha nya!!! Hindi ako nakasagot..

"Hindi! Ayoko---" biglang sigaw nya pero pinigilan ko sya!

"Hoy.. tapos na ang usapan at hindi ka na pwedeng magdagdag!" inis na sigaw ko!

"A-Anong.. hindi pwede! Hindi patas yan!"

"Wooooww! Naghahanap ka pa talaga ng patas ah!? Nasan ang patas don sa mga pinagsasasabi mo kanina?! E wala nga akong kalaban laban dun sa mga pinagsasasabi mo!!??"

"Bakit?! Tch! Wag ka ngang umastang parang lugi ka pa!"

"Tss.. Bakit!? Hindi ba?! Sinong hindi maluluge sayo?! E sarili mo lang iniisip mo!? Nagtritrip kang mag-isa!"

"Sinabi ng seryoso ako e! Wag ka ngang umarte masyado! Dahil hindii ka namang sobrang ganda!"

"Wooooooow!" namamangha kunwaring sagot ko! **"King ina buti nga pinagpayagan kitang magdikta ng ganyan sa pagmumukha ko e! Kung tutuusin.. luge ako! Dahil kung anu-anong pinagsasasabi mo--- samantalang wala naman akong pakelam sayo!"** inis na sigaw ko!

Hindi sya nakapagsalita..

Iniiwas ko ang paningin ko at lumanghap ng hangin!

"Grabe ka naman magsalita.. nakakailan ka na ah!" biglang seryosong sagot nya. Mahina pero rinig ko. Napatingin ako sa kanya at salubong ang dalawang kilay nya at masyado syang seryoso! **"Sinasabi ko na nga sayo yung nararadaman ko e.. kung wala kang gusto sakin.. w-wag mo naman sanang ipamukha sakin.."**

"Tss.. sino ba kasi sa tingin mo ang matutuwa sa mga ginagawa mo!? Gumagawa ka ng batas ng para sa sarili mo tapos idadamay mo pa ako?!"

"E bakit ka pumayag!?" inis na tanong rin nya.

"Woooow.. bakit ako pumayag!? May choice ba ko!? Sige nga.. ilatag ko kaya sa mukha mo lahat nung sinabi ko at baliktarin ko!? Tss.."

"Ang yabang mo ah!?"

"Dahil totoo naman!" inis na sagot ko! **"Tss.. bakit ako pumayag?! Lakas ng loob magtanong.."** bulong ko pa.

Naiinis talaga ako! Matinding inis ang nararamdaman ko!

Kung tutuusin.. luge naman talaga ako di ba!? Ako yung luge dahil sa dami ng sinabi nya.. wala man lang naging patas para sakin maski isa! Nambablackmail sya e!

"Edi sana nga hindi ka nalang pumayag.. pwede ka namang tumanggi.."

"Ha!" hindi makapaniwalang sagot ko. "**Tumangge ako di ba!? Kailangan ko bang ulitin lahat ng sinabi ko?!"**

"Wag na.." nanlulumong sagot nya.

"Hindi ba't ikaw na rin ang nagsabi kagabing wala ka namang balak na ligawan ako!? Bakit nagkakaganyan ka ngayon?!"

"Wala.."

"Kung hindi mo ginusto yung nararamdaman mo.. labas na ako dun! Bakit idadamay mo pa ako!? Bakit?? Sinabi ko bang magkaganyan ka?! Sinabi ko bang magkagusto ka sakin!? Hindi naman di ba?! Kaya kung totoo man yang sinasabi mo sakin... ikaw ang mag-adjust! Hindi yung ako ang pinag-aadjust mo sa mga bagay na ikaw lang naman ang may gusto!" inis na sabi nya at mabilis na tinalikuran sya!

'Badtrip yun! Ang lakas ng tama e! Bakit nya pa kasi sinabi sakin yun!'

Wala sa sariling naglakad na lang ako basta papasok sa Court at hinanap sila Naih!

Nagpalinga linga ako munit wala sila don kaya naman pumunta ako sa room kung saan kami naka-assign! Pero wala pa rin sila dun!

'Nakakainis! Naih nasan ka na ba?!'

"Hello Maxpein!"

"Uyyy guys! Si Maxpein oh!"

"Ooohh! Maxpein!!!"

Gulat akong napalingon sa likuran ko matapos kong lumabas sa room na pinanggalingan ko.

"A-Ahh.. h-hehehe.." naiusal ko nalang na bahagya pang kumaway sa kanila!

"Tanda mo pa ba kami ha?!" sabi nung isa sa kanila!

Tinignan ko sila isa-isa at hindi ko talaga sila matandaan!

Base sa uniform nila ay mga taga-SIS sila. Nagkakapalan ang mga salaming suot nila at patung-patong ang mga libro'ng bitbit nila.

"Ano ka ba naman! Ako 'to! Si Myrbz Castro!" sabi nung pinakamaliit sa kanila.

"Ako naman si Jeffrey Luckies!"

"At ako si JC Vicente!"

Hindi ko kayo matandaan!!!

"Hehehehe.. mukhang hindi na tayo matandaan ni Pein, guys ah!?" sabi nung nagpakilalang Myrbz.

"Oo nga.. sikat ka na kasi e.." dagdag naman nung Jeffrey.

"H-Ha?! Hindi ah.." sagot ko.

"Suuusss hehehe.. Noon parati mo naman kaming pinapansin nung pinapanood ka pa naming magbilliards.. isa rin kami sa mga sumusuporta sa relationship nyo ni Randall noon.." sagot naman nung JC.

dO_ob

Kalalakeng tao?!

"A-Ahh.. hahaha.. sorry talaga.. m-mukha kasing College na kayo ngayon e.. n-nasa highschool pa rin kasi ako.. At saka.. BIS na ako.. more than two years na akong wala dito kaya.. h-hindi ko na talaga matandaan.." napapahiya pa ring sagot ko.

"Oo nga e.. kung ganon hindi ka pala nakapagtuloy sa pag-aaral mo??" tanong nung Jeff.

"H-Hindi e.."

"Ganon ba? Sayang naman.."

"Kayo ba ni Randall.. w-wala na talagang pag-asa? Sayang naman kasi yung 3years nyo---"

"Wala na.." pigil ko dun sa Myrbz.

"Ahh pasensya na.."

"At saka ano ba guys? May girlfriend na si Randall ngayon.." sabat naman nung JC.

"Tsk.. ano ba kayo?! Tara na nga.. baka mabadtrip pa si Maxpein satin e.." sabi nung Jeff at saka muling tumingin sakin. **"Pasensya na Maxpein ah? Hehehe.. ang totoo ay natuwa lang talaga kami nung makita ka namin dito.. h-hindi kasi namin inaasahan e.. Kahit naman kasi College na kami.. nanonood rin kami kapag may sportsfest.. hindi namin inaasahan kanina na ikaw ang makakalaban ni Sam sa billiards.."**

"A-Ahh hehehe.."

"Congrats nga pala hehehe.."

"Salamat salamat.." napapahiya pa ring sagot ko.

"Ang totoo.. kahit na taga-SIS kami.. hahahaha ikaw kaya ang nicheer namin don!" bading na bading na sagot nung JC.

"A-Ahh.. hahahaha salamat talaga.."

"Walang anuman.."

"O sya sige.. mauna na kami sayo.." sabat nung Myrbz at naglakad sila palampas sakin. **"Nice meeting you again.. Goodluck sa next game mo.."**

"S-Salamat.."

"O sya sige na talaga.. Mag-aaral pa ang mga Dyosa hehehe.."

Dyosa?! M-Mga bading sila?!

Hindi ko na kailangang sagotin ang sarili ko dahil nung pagmasdan ko sila palayo ay halos magtalbugan ang mga balakang nila sa pagkembot!

Lakas makagoyo ng salamin.. Tsk!

Inis akong bumalik sa reyalidad at naalala kong hinahanap ko sila Naih.

Mabilis naman akong naglakad papuntang Canteen dahil wala naman syang ibang pwedeng puntahan bukod don.

Canteen.

Pagpasok pa lang ay tanaw ko na ang napakaraming students na nagkalat..

"Oh! Yun oh!"

"Si Maxpein!"

"Gooooo Maxpeeeiin!!"

"Wooohhh!!"

Agad nagtayuan ang balahibo ko nung marinig ko ang sigaw nung mga lalaki!

Jahe amp..

"Idoooll!!"

"Anggaling mooo!"

"May laban yan mamaya tol kaya panoorin natin!"

"Oo papanoorin ko talaga!"

"Pa-autograph naman! Lagay mo Baka Robin!"

"Akooo rin!!! Ailla Sams!"

"Me tooooo!!! Laniieee Pelooo!"

Wala akong nagawa kung hindi ang tanguan at ngitian sila dahil sa sobrang hiya'ng naramdaman ko!

"Waaaaaaaaa!"

"Ang cuuuuttteee mo Pein!"

"Taga-BIS yaaaann!!!!"

"Goooo Taguroooo!"

"Dating taga SIS yaaan!"

"Oo nga!!!"

"Leeettt's goooo Maxpein!"

"A-Ahh hehehe.." naiusal ko na lang habang lumilinga pa rin at hinahanap sila Naih.

"Max!" dinig kong sigaw ni Naih at agad ko namang hinanap sya! **"Max dito!"**

Ayun!

Lumapit ako sa kanila, kasama nya sina Migz, BJ at Michiko.. Nakangiti akong sinalubong sila at..

"Destiiiinnnyyyyy!!!!!"

Oh!?

Gulat akong makita si Kev Gonza na lintek naman talaga sa ngiti sakin!

"Sasabay ka ba saking kumain ha!?" nakangiting tanong nya matapos lumapit sakin.

"Ikaw na naman!?" si Naih.

"Oo.. bakit?! Bawal!?"

"Oo!"

"Hahahahahaha! Wala kang pake! Nandito ang destiny ko kaya.. kusang lumapit ang puso ko heheheh.. Ano destiny?! Sasabay ka sakin?

Teka ioorder na kita----"

"Kyaaaaaaaaa!!!"

"Ohhhh myyy Goooooddd!"

"Hala! Ate Layzelle! Ayun pala si Deib!"

"Ano ba Jenalyn masakit!"

"Hala! Nasan si Lee ko?!"

"Ayun sya Ate Ruby Ann oh!"

"Waaaa!!! Ang gwapo ni Deib!"

"Hooooyyy Norilyn! Akin si Deib!"

"Hoy ka rin Jenalyn! Wag kang maramot! Crush ko rin sya!"

"Waaaaaaaa!!!"

"Ang gwapooooo mooooo!"

"Yiiiiieee!"

"Idol ka rin namin Deib!"

"Oo nga! Anggaling mong magpahulog!"

"Pati nga ako napapahulog sayo e hahahaha!"

"I loooove youuuu Deeeiibb!"

Agad naman akong napalingon kay Deib at kitang kita ko ang naniningkit nyang mga mata habang nakatingin samin ni Kev Gonza!

Tss.. galit na naman!?

Ano?! May magagawa ka ba?! Sya kusang lumapit sakin e..

"Psh! Papansin pala 'tong Sensui'ng 'to e.." mahinang sabi ni Kev at saka muling bumaling sakin. **"Masasarap ang pagkain dito sa kanila.. yung cake ang pinili ko.. chocolate yun pero hindi masyadong matamis.. oorderan kita.. sabay ka sakin ah?!"**

"Kumain nako.." maikling sagot ko.

"Edi kumain ka ulet hehehehehe.."

"H-Hindi na.. busog pako.."

"O sige.. sumabay ka nalang sakin para mas ganahan ako.."

"Nandito ang mga kaibigan ko e---"

"Edi ako na lang ang dito.." nakangiti pa ring sabi nya na biglang umupo sa tabi ng upuang uupuan ko!

"Upo ka na!" nakangiting sabi nya pa na hinila ako dahilan para mapaupo nga ako sa tabi nya!

"Kyaaaaaaahhh!! Chaaaarrrmmm!!! Si Deeeiibbb!!!!"

"Oo nga Hazel! Lalapit yata sya dito!"

"OMG!!!"

"Kinikilig ako Ayi!!"

"Ang gwapo nya noh!?"

"I loooove youuu na talaga Deib!"

"Suportado ka rin ng SIS dahil ang gwapoooo moooo!"

Muling sigawan ng mga students dahilan para mapunta na naman kay Deib ang paningin ko.

Nakatayo sya and this time.. pinalilibutan talaga sya ng mga halu-halo ng students ng SIS, BIS, Luna at ng iba pang schools..

Tss.. mga baliw..

"Deib! Deib! I'm Yajra!"

"I'm Catherine Joy!"

"I'm Jooyyy Gonza! Pero hindi ko kaanu-ano si Kev Gonza hahahaha pareho lang talaga kaming taga-Luna! Super gwapo mo pala talaga sa malapitan grabe!"

"A-Ahh.. s-salamat.." parang nahihiya pang sagot ni Sensui sa kanila.

"Ahh Deib.. ako si Ivy.. pwede bang makipagfriends?!"

"S-Sige.. hehehe.."

"Ako rin Deib ah!? Pansinin mo rin ako.. ako si Jelly Rose.."

"A-Ahh hi.."

"Deib! Wait! Ako si Choi Min! I'm also from BIS! Nagbabakasakali lang ring mapansin mo hehehhe.."

"Ako rin taga-BIS! I'm Chariss!!!"

"Hi Deib!!! I'm Nelfa! Fan mo ko yiiiieee!"

"Kyyyaaaahhh! Deib!!! Ako si Dhen Dhen! Sana mapansin mo rin ako!!!"

"H-Hi.. hehehehe.."

Nababaliw na talaga sila..

"Huhuhuhu ang swerte nyo naman.. schoolmate nyo si Deib!"

"Oo nga huhuhu buti pa sila.."

"Huhuhu gusto ko na ata magtransfer sa BIS.."

"Sana nga dun na lang tayo nag-enroll.."

"Para sayooo Deiiibbb! Lilipat ako!"

"Ako riiin!"

"Akooo.. Akooo! Deib.. ako! G-Gusto kong makilala si Tob! Pwede mo rin ba syang ipakilala sakin!? Ako si Shaira!"

"Ako si Ashian!!!"

"I'm Happie!!"

"A-Ahhh me tooo.. si Lee naman ang gusto kooo! Waaaa! Ako si Rochkaye!"

"Waaaaaaaaa crush ko rin si Lee eh!"

"Akin si Lee!"

"Basta akin si Tob!"

"Hoooyy crush ko rin si Tooob!"

"Kay Deib ka na!"

"I looooveee youuu Deib!"

"I looove you too Deib!"

"Marry me Deib pleaseee!"

"Waaaaa!"

"U-Uyyy Deib.. m-may girlfriend ka na ba!?"

"Oo nga.. ang balita ko may nililigawan sya.."

"Huhuhu sayang naman.."

"Nakakainis naman.."

"Ayaw ko na yata'ng mag-aral huhuhuhu.."

Nagitla pa ako nung mapatingin ako kay Deib at nakangisi sya sakin!

Anong tingin naman yan!?

"Deib ano?! May girlfriend ka na ba?!"

"Wala pa.." nakangiting sagot ni Sensui sa kanila.

"Kyaaaaaaaaaaaaaaahhh!"

"Waaaaaaaaaaaaaaaa!"

"Yaaaaaaaaaaaa!!"

"Yiiiiiiiiiiieee!"

"Aaaayyyy grabe kinikilig akooooo!"

"King ina nakakarinde!" inis na singhal ni Naih at napatingin naman ako sa kanya! **"Alam ba nila kung gano kaloko yan?!" bulong nya pa sakin.**

"E ang gwapo naman kasi talaga ni Deib kapag nagbabasketball.." si BJ.

"Tama.. wag mo lang talagang iisipin yung mga kalokohan nya.. kasi yun ang turn-off.." si Migz.

"Huyyy ano ba kayo? Mabait rin naman si Deib.. in fact.. huminto na rin sya sa pambubully kay Max di ba??"

"Tara maka-infact teh ah?!" biro ni Migz sa kanya.

"Hihihihi maka-english lang.." si Michiko.

"Infact you.. hahahaha!"

"Hahahaha nakakainis ka Migz! Hihihihi yiiieeee!"

"Ayyy ang artiii ng Michiko!? Sya sumali ka dun sa fansclub ni Deib!"

"Ayoko nga hahahaha!"

"Ang tanong e.. bet ba ng Deib na jumoin ka?! Wiiitt rin! Hahahaha!"

"Kahit na hahaha! Basta ako.. si Tob lang ako hehehe.." si Michiko.

"Oo at yung Tob mo teh pinagpepyestahan rin ng ibang babae!" pang-aasar ni Migz sa kanya.

"Hahahaha kahit na.. sakin naman mapupunta sa huli e.."

"Yaaa! May balak ka ng sagotin si Tob?!" panunukso ni Naih sa kanya.

"Kapag nagchampion sila hehehehe.." kinikilig pang sagot ni Michiko sa kanya.

"Talaga!? Woooowww!"

"Hihihihihi."

"So ibig mong sabihin Deib.. wala ka pa'ng girlfriend?! Edi magkakaron pa lang!?"

"Aaayyy.."

"Haaaayyy.."

"Huhuhuhuhu.."

Nanlumo bigla ang mga babae'ng maiingay kanina dahilan para mapunta na naman ang atensyon ko sa kanila..

"Hindi nya pa ako sinasagot e.."

Halos mapailag pa ako nung biglang pagtingin ko kay Sensui ay nakatingin sya deretso sakin!

Bakit sakin ka nakatingin!?

"Uyyy Max! Nakatingin si Deib sayoooo!!!" si Migz!

"Ha?! Bakit sa kanya nakatingin!?" si Kev.

"Malay ko pogi hehehehehe.. baka hindi ko hawak ang mga mata nya!?"

"Tsh! Bading!"

"Ayyy.. oy! Wag mo kong mabading bading.. talentadong bading 'to!"

"Pake ko!"

"Pako ko rin sayo! Tse! Umalis ka na nga dito!"

"Dito ako dahil nandito ang destiny ko!"

"Tigilan mo yang kadedestiny mo dahil yang mga babae'ng katabi mo.. nangangain ng tao kapag nabubusog! Bumalik ka na nga dun sa table nyo!"

"Nakakainis! Mamaya na nga lang ulit kita kakausapin! Napakaraming *'epal'* dito!" inis na sabi ni Kev at saka tumayo!

"Buti naman.. dun ka sa Elementary.. dun bagay yang height mo! Ang yabang neto.. gawin kitang keychain e.."

"Bading!"

"Bansot!"

"Bakla!"

"Bansot!"

"Wag mo ng patulan.." bulong ko kay Kev at saka inginuso sya paalis.

"Hehehehehe.. masusunod my destiny.. Kita tayo mamaya ah?!"

"Tss.."

"Mwah!" sabi nya na umasta pang humalik at saka tumalikod. **"Whewww.. andaming fans.. wala namang talent.."** parinig pa ni Kev kay Sensui na hindi naman sya pinansin.

"Grabe.. andaming nagkakagulo kay Deib.." bulong ni BJ.

"Big three na nga ang tawag sa kanila e.." bulong ni Michiko.

"San naman nila nakuha yung big three?! Ang korni ah.." si Naih.

"Sa basketball daw.."

"Haaaayyy ang gwapo talaga ni Deib.. maloko lang talaga.." si BJ.

Hindi ko halos marinig ang sinasabi nila dahil hindi ko maiwasang hindi tignan si Sensui dahil nakatingi sya deretso sakin!

Badtrip naman oh..

Nakaramdam ako ng pagkailang dahil makikinig sya sa sinasabi ng kaharap nya at titingin sya sakin kapag sumasagot sya sa kanila!

"Kilala ba namin yang nililigawan mo Deib!?"

"Pakilala mo naman.."

"Huhuhuhu wag na.."

"Oo nga wag na.. hindi ko kaya huhuhuh.."

"Gusto ko syang makilala!"

"Oo nga ako rin!"

"Napakaswerte nya.."

"M-Makikilala nyo rin sya.. kapag *'kami'* na.."

Talagang diniin nya pa ang pagkakasabi ng *'KAMI'* habang nakatingin sakin!

'Nahihibang ka na..'

"Sayang naman.."

"Ang swerte nya.."

"Huhuhuhuh.. nadepress naman ako.."

"Pero wag kayong mag-alala.. kapag nakilala nyo sya.. magugustohan nyo rin sya.." sagot na naman ni Sensui pero hindi na sya nakatingin sakin.

"Talaga?!"

"Bakit naman!?"

"Oo nga!"

"Bakit nga naman!? E inagaw ka nya samin!"

"Oo nga!"

"H-Ha?! Hahahaha! E k-kasi.. a-ako nga h-hindi ko alam na magugustohan ko sya pero nagustohan ko sya.." nakangiting sagot na naman ni Sensui habang nakatingin sakin.

"Hala ka Max!" mahinang bulong ni Naih sakin na lumipat pa sa upuang nasa tabi ko mismo! Lumingon pa sya kila Michiko, Migz at BJ na parang abala naman sa pag-uusap..

"B-Bakit?!"

"Sayo talaga sya nakatingin!" malakas na bulong ni Naih at napakuyumos naman agad ang mukha ko!

"S-Sino ba!?" maang maangang tanong ko.

"Si Sensui---sino pa ba!"

"Aisshh! Sige isigaw mo pa!"

"Bakit sayo sya nakatingin!?"

"Malay ko!"

"Weeehhh---"

"Loko! Baka nagkakataon lang!"

"Imposible!"

"Huuuyyy ano yun!?" biglang singit ni Michiko samin at nagulat naman kami ni Naih pareho.

"A-Ahh wala hehehe.." sagot ni Naih sa kanya.

"Meron e.. may pinag-uusapan kayo e.. share naman dyan!"

"Oo nga ano yun!?" si BJ.

"H-Hahahaha.. y-yung uniform kasi nung mga taga-Luna.. p-parang h-hindi maganda.." pagsisinungaling ni Naih na tumingin pa sakin.

"Ayy gaga napakalaitera mo! Ibenta mo yung isang hotel nyo at magdonate ka ng uniform sa Luna! Laitera'ng 'to.." si Migz.

"A-Ahh hahahaha.."

Mabilis kong iniiwas ang paningin ko sa kanila at palihim na sumulyap kay Sensui.

Hindi na sya nakatingin sakin..

"Kyaaaaaaaaaaaa!"

"Ohhhh my Gooood!"

"Sii Leeeeee!"

"Yaaaaaaaa si Tooooobbb!"

"Ang gugwapo nila!!!"

"OMG ayan na ang Big Three!!!"

"Let's go.." dinig kong sabi ni Lee. Hindi ko na sila tinignan pa.

"Oh.. si Maxpein! Hi Max!" biglang bati ni Tob kaya wala akong choice kung hindi ang lingunin sila.

Pilit ang ngiting iginanti ko sa kanya.

"Hi Michiko.." malambing na bati nya kay Michiko.

"H-Hi Tob.."

"Uyy Tob! Kailangan nyong magchampion!" sigaw ni Migz.

"Uyyy ano ka ba Migz!" nahihiyang pigil ni Michiko.

"Hahahaha bakit naman Migz!?" si Tob.

"Kasi matutuwa ka kapag nagchampion kayo hehehehe. Ikaw ang MVP nun!" si Migz.

"Nako.. malabo.. Bigay na bigay 'tong si Enrile e hahahaha!" turo nya pa kay Sensui na nilingon ko at...

Bahagyang nakangiti sakin!

Anong itinitingin tingin mo!?

Gusto ko syang tanongin pero walang lumalabas na salita sa bibig ko!

Natatakot ako na baka malaman ng mga 'to yung mga napag-uusapan namin at ayaw ko yung mangyari!

Badtrip!

"Basta Tob.. kailangang mag-Champion kayo.. promise.." singit naman ni BJ.

"Hahahaha don't worry BJ.. gagawin namin lahat.."

"Oo lalo na talaga ikaw Tob.. kailangang gawin mo talaga lahat.."

"Hahahahahah!" nagtawanan silang lahat maliban sakin.

"Hahahaha kayo ahh.." nanunukso pa kunwaring sabi ni Tob.

"W-Wag mo na lang silang pansinin.. h-hehehe.." si Michiko kay Tob.

"Bakit wala ka kanina!?" nakangusong baling ni Tob sakin.

"H-Ha?? A-Ahh.. k-kinausap ko pa si Daddy kasi---"

"Ang tagal naman!?"

Nagulat ako sa biglang pagsingit ni Sensui sa usapan!

Umayos ka!

"A-Ahh.. hahaha.. ganon talaga kami mag-usap e.."

"Anong pinag-usapan nyo?!" si Sensui.

"Bakit gusto mong malaman!?" agad na tanong ko.

"Gusto ko lang.."

"Samin na lang yun.."

"Mmm.. baka naman.. ako yan!?"

"Uuuuuyyyyyyy!!!!" panunukso nila samin maliban kay Naih na nakataas ang kilay!

Hindi ko maiwasang pandilatan sya ng mga mata habang salubong ang dalawang kilay ko!

"Hahahahaha.. baka mali mali ang sumbong mo sa Daddy mo ah!? Lagot ka talaga sakin.."

"A-Ano bang sinasabi mo dyan!?" inis na talagang tanong ko.

"Di ba *'magkaaway'* tayo?! Malay ko ba kung sinusumbong mo ko at mali mali ang sinasabi mo----"

"Bakit ko naman gagawin yun!?"

"Malay ko ba?!"

"Tss.. hindi ako nagsusumbong sa erpats ko tungkol sa mga *'kaaway'* ko dahil *'hindi'* naman sya interesado!" madiing sagot ko at nagitla naman sya!

"Tch.." singhal nya sakin!

"Uyyyy kilala ni Deib ang Daddy mo!? Deib magkakilala kayo ng Daddy ni Max!?" namamanghang tanong ni Migz sa kanya.

"A-Ahh oo.." si Sensui.

"Waaaaaaaaa!!" biglang tili ni Migz. **"Bakit!?"**

"A-Anong bakit?!"

"Hahahahahah.. I mean pano?! Pano kayo nagkakilala?!"

"Ahh.. m-mahabang storya e.." nakangiting sagot ni Sensui na tumingin pa sakin.

"Kyaaaaa----"

"Anong oras laro nyo?" biglang singit ni Lee.

Sa wakas..

"Eleven pa.." sagot ni Naih sa kanya.

"Manonood kami ah?" nakangiting sagot ni Lee sa kanya.

"Kahit wag na.."

Anong iniaarte neto!?

Kapansin pansin ang pagsusungit ni Naih kay Lee!

"Hahahaha bakit naman!?" natatawang tanong ni Lee sa kanya.

"Hahahaha baka malas ka kay Naih dre?!" biro ni Tob kay Lee.

"Really?? Edi pareho pala kami!?" mapang-asar na ngumiti si Lee kay Naih na nagtaas bigla ng kilay.

"Nyeh nyeh.." si Naih.

"Ang gaganda ng mga kaibigan natin bakla grabe.." parinig ni Migz.

"Hahahaha gusto mo yung Kev Gonza na lang sayo.. tapos akin yung Jermayne Orquiza na kasama nya.. ano!? Bet!?" si BJ.

"Wit na bakla! Kaimbyerna ang Kev Gonza na yun! Makapagyabang kala mo lumampas sya sa siko ko!"

"Hahahahaha!" nagtawanan ulit sila.

DEIB'S POV

Kapansin pansin ang pananahimik ni Taguro habang magkakaharap kami ngayon at nakikipag-asaran sa kanilang lahat..

Napakaraming nagsasalita pero hindi naalis sa kanya ang paningin ko..

Ang cute cute nya heheheheheh!!!

Natutuwa ako twing pilit nyang pinagmumukhang seryoso ang sarili nya kahit na halata namang naiilang sya hehehehe!

Hindi ko inalis ang paningin ko sa kanya at walang humpay naman ang tingin nya sakin habang salubong ang mga kilay nya..

Palihim ko naman syang kinindatan..

Hindi ko talaga maipaliwanag ang tuwa at saya'ng nararamdaman ko hehehe..

Kahit naiinis sya.. natutuwa pa rin ako hehehehe..

Nang walang anu-ano'y...

San pupunta yun?!

Bigla syang tumayo at naglakad papalayo!

"San punta nun?" biglang tanong ni Tob na nakatingin kay Taguro.

"Nitong mga nakaraan.. solo flight ang trip nyan.. hayaan nyo na.." sagot ni Naih.

"Baka kasi nabadtrip samin hehehe."

"Hindi.. hindi naman ganun yun.."

"Ahh.."

Ewan ko ba kung bakit pakiramdam ko ay sakin sya nainis kaya sya umalis! Kaya naman..

"A-Ahh.. dre.. una muna ako.." bulong ko kay Tob.

"Teka.. san naman pun---Sige.. sige dre.. M-May pupuntahan ka nga pala kamo.." biglang palusot ni Tob matapos ko syang pandilatan ng mga mata.

"Geh.." paalam ko at naglakad na.

"San punta nun?" dinig ko pa si Lee.

"B-Baka kay Kim hehehe.."

"Ahh.."

Engot ka Tob! Pakyu!

Hindi ko na sya pinansin pa sila at nagtuloy na ako palabas!

"Waaaaaaaaaa!"

"Ayan na naman si Deeeeiiibbb!"

"Manonood kami ng game moooo!"

"Galingan mooooo mamaya!"

"A-Ahh hehehe.. s-salamat.." nasabi ko na lang at mabilis silang iniwasan at hinanap si Taguro.

San kaya sumuot yun!? Tsk!

"Hi Deib!"

"Waaaaaaa!"

"Si Deeeeiiib!"

"Oo nga.. grabe ang gwapo nya.."

"Ang puti at matangkad pa.."

"Parang manekin yung mga binti nya.."

"Grabe.. he's perfect.."

"Nasan kaya si Lee?"

"Oo nga.. wala rin si Tob huhuhu.."

"Okay lang yan gwapo naman si Deib e hehehehe.."

Hindi ko na nagawang pansinin pa yung mga nagsasalita dahil abala ako kalilinga kahahanap kay Taguro! Narating ko ang quadrangle ng SIS pero hindi ko pa rin sya nakikita!

Pumunta ako sa court at ganon rin sa Gym pero hindi ko sya makita! Nararamdaman ko ring wala sya don dahil ibang school naman ang naglalaro..

Hanggang sa makasalubong ko sila Josh at Jigs na kasama nila ni Parrot sa billiards.

"H-Heyy.." tawag ko sa kanila.

"Oh Deib!?" si Josh.

"N-Nakita nyo ba si Taguro?!"

"Hahahaha.. Loko ka talaga.." si Jigs pero nginitian ko lang sya.

"Lumabas yata.." sagot ni Josh.

"Ha?! Bakit?!"

"Ayy.. ewan ko lang hehehehe.."

"G-Ganon ba? S-Sige salamat.."

"Close na close na kayo ah!?" biro pa ni Jigs.

"A-Ahh hahaha.. h-hindi naman.."

"Baka iba na yan.."

"H-Hindi hehehehe.."

"Sige sige.. goodluck!!!!!!!! ..sa game! At sayo na rin hahahaha!"

"S-Sige.. hehehehehe s-sa inyo rin.."

Yun lang at mabilis akong tinalikuran sila!

Badtrip! Halatang halata ba talaga ako!? Baka pati sila Parrot nahalata ako?! Tch!

Mabilis akong naglakad papalabas ng SIS. Buti na lang at hindi 'to tulad ng BIS na mas malawak ang lalakarin bago ka makarating sa labasan.

Parking Lot.

"Nasan naman kaya yun!?" mahinang bulong ko na pinuntahan pa ang parking ng motor nila pero wala sya talaga.

Inis akong nagpalinga linga sa daan at hindi ko pa rin sya makita kaya naman nagdesisyon akong bumalik na lang ulit sa loob nung biglang..

Anong ginagawa nito dito!?

Nakita ko si Kev Gonza!!!!!!

Wag nya sabihing sinundan nya rin si Taguro?! Bwisit talaga!

"Ho---" tatawagin ko na sana sya ng walang anu-ano'y..

Nakita ko si TAGURO!!!!

Nakatingin sya sakin at salubong na salubong ang kilay nya!

Kaya naman salubong rin ang kilay kong sinugod sya!

"Anong ginagawa mo dito!?" inis na tanong ko!

"Anong ginagawa *'mo'* dito??" parang nagtataka pang tanong nya!

"Tch! Bigla ka na lang umalis don kanina kaya sinundan kita! Bakit ka umalis!" inis na tanong ko!

"Gusto ko e.."

"Tch.. bakit?! Hindi mo ba matagalan yung mga tingin ko!?" pang-aasar ko sa kanya at hindi naman sya sumagot! Mabilis nyang iniiwas ang paningin nya sakin. **"Sinabi ko na nga ba e.." nangingiti pang tanong ko. "Hindi mo matagalan ang mga titig ko kaya umalis ka na lang?! Hehehehehe.."**

"Tss.."

"Pero okay lang.. at least dito solo kita.." nakangiting sagot ko dahilan para mapatingin sya sakin.

"Hindi ka ba talaga titigil?!"

"B-Bakit na naman!?"

"Nakakainis ka na e!"

"A-Ano na naman!?"

"Sabi ko tigilan mo na ako!"

"B-Bakit ba nagagalit ka?!"

"Dahil hindi ako natutuwa sa ginagawa mo.."

"Bakit nga hindi ka natutuwa?"

"Naiinis ako.. nababadtrip ako.. Walang nakakatuwa sa ginagawa mo e!"

"E-Eh ano bang dapat kong gawin para wag kang mainis sakin!?"

"Yung bumalik ka sa dati.. yung dating ikaw!"

"Anong dating ako!?"

"Yung dating ikaw na malayo pa lang ako.. nasisilaw na.. Yung makita lang ako.. nag-uusok na ang butas ng ilong at tenga.. Mas gusto ko pa yun kesa yung ikaw ngayon na puro ka pasweet.. hindi naman bagay"

"A-Anak ng.. H-Hoy.. Hindi ka ba talaga makaintindi ha!?" inis na tanong ko at natahimik na naman sya! **"Paulit-ulit ko na ngang sinabi e! Hindi ka pa rin talaga naniniwala?!"** dagdag ko pa at hindi pa rin sya sumagot! Nanatili syang nakatingin sa mga mata ko habang salubong ang mga kilay nya!

Nakaramdam ako ng inis dahil hindi ko rin alam kung pano ko ipapaliwanag ang sarili ko!

Hindi ko rin alam kung anong dapat ko pang sabihin para maniwala sya sakin!

Naiinis ako dahil ang tanga tanga nya! Paulit ulit ko na ngang sinabi hindi pa rin sya naniniwala!

Dapat ba'ng may gawin pa ako sa kanya para lang maniwala sya?!

Alangan namang yakapin ko sya?!

H-Hindi pwede! Hindi pwede!

Napailing pa ako sa naisip ko..

"G-Gusto nga kasi kita Taguro e.." mahinang usal ko at hindi pa rin nagbago ang itsura nya. **"At kung ako ang tatanongin mo.. h-hindi ko rin alam kung bakit nagkaganito.."**

Hindi pa rin sya nagsalita!

Kaya naman pinakiramdaman ko ulit ang sarili ko at hinayaang magsalita ang bibig ko..

"O sige.. s-sabihin na nating.. m-may mga bagay ka kasing nagawa sakin na.. i-ikaw lang ang nakagawa.. isa na sigurong dahilan yun kaya ako nagkagan---"

"Tulad ng ano?" wala reaksyon na namang tanong nya.

"Yan! T-Tulad nyan!" turo ko sa labi nya! **"Kapatid ko lang ang nakakagawa sakin nyan! Ni minsan walang babae'ng nakasigaw sakin ng ganyan!"**

"Tss.. Wag mo sabihing hindi ka man lang nagawang sigawan ni Kim?" nakangisi pa'ng tanong nya.

Napaisip naman ako sa tanong nya!

Nasigawan na nga ba ako ni Kim?!

"O-Oo.. nasigawan nya na ako pero hindi sing-angas ng iyo ang dating nya.."

"Edi wag mo sabihing ako lang.."

"Oh sige.. y-yung gumanti ka sa mga pambubully ko sayo.. M-Maski isang pinagtripan ko walang gumanti sakin---nag-iisa ka lang! Ikaw lang ang babae'ng pumatol sakin.."

"E bakit si Ysay?"

"H-Hoy! Hindi ko binully yun ah!"

"Pero pinatulan ka nya.."

"E-Eh iba nga kasi yung sayo!"

"Tss.. pareho lang kaming pumatol sayo.. anong iba dun!?"

"Hindi mo kasi naiintindihan e.. Yung kay Ysay.. patalikod naman akong pinatulan nun! Ginawan ako ng katarantaduhan nun ng hindi ko nalalaman! Hindi ako natutuwa sa kanya!"

"Edi alam mo kung anong pakiramdam ko?"

Natigilan ako at napatitig sa kanya!

At ayun na naman yung blangkong mukha nya..

"Kung hindi kita maintindihan.. mas hindi mo ko naiintindihan.. Tulad mo.. hindi rin ako natutuwa sa mga ginawa mo sakin.. at tulad lang rin ni Ysay.. ginawan mo ako ng katarantaduhan ng hindi ko nalalaman.."

"T-Taguro naman.."

"Hindi sa hindi ako naniniwala sa mga sinasabi mo.. hindi naman ako manhid para hindi mapansin ang mga ikinikilos mo.. Hindi lang talaga ako makapaniwalang.. ganon kabilis yun?"

"A-Ang alin??"

"Si Kim.. sya ang nililigawan mo sa matagal na panahon.. Para na nga syang anino mong nakabuntot parati sayo.. Ikaw naman ay parang alalay nya na parating nakasunod sa kanya.. Pinagtripan mo ko at ginantihan kita.. Nalaman mo ang tungkol kay Kim at kay Randall kasunod nun ay yung samin ni Randall.. Tapos ngayon, may gusto ka na sakin.. anggulo e.. Wala sa ayos.."

WTF?!

"Kailangan pa bang nasa ayos yun!?"

"Mmm.. sa paniniwala ko.. ganun dapat yun.."

"Kalokohan yan! Bakit?! Mapipigilan mo ba ang nararamdaman?! Nung mga oras na nililigawan ko si Kim.. ewan ko.. siguro.. tulad ng sinasabi ng kaibigan ko.. in denial lang ako.. Na hindi ko lang talaga maamin sa sarili kong may gusto ako sayo!"

"Ahh.. baka naman nadaan ka lang sa tukso ng mga kaibigan mo?"

"Wag ka ngang mapilit?! Hindi ganon yun okay!?"

"Tss.."

"At isa pa.." biglang salita ko at tumingin na naman sya sakin ng may blangkong mukha! **"Yung mga pagliligtas mo sakin noon.. i-ikaw lang ang nakagawa sakin nun.. Wag ka ng kumontra dahil kahit tanongin mo pa lahat ng kakilala ko ngayon.. ikaw lang talaga ang nakagawa nun sakin! At yun malamang ang naging pinakamalaking puntos mo kaya nagustohan kita.."** mahabang paliwanag ko at hindi naman sya kumibo. **"Seryoso ako Taguro.."**

"Mukha ka namang seryoso e.." wala pa ring ganang sagot nya.

"Y-Yun naman pala e.. a-ano pang ikinagaganyan mo!?" inis na tanong ko. Huminga naman sya ng malalim.

"Mabigat na salita kasi ang binibitiwan mo.. sa dating mo.. mukhang hindi ka pa nagkakagirlfriend---"

"Hindi pa nga.." mabilis na sagot ko.

"Kung ganon.. tama nga ang hinala ko.."

"A-Ano yun?"

"Na ang nagustohan mo lang sakin ay yung yabang ko.. at wala na bukod dun.."

"A-Anong---"

"Nakikita mo ko bilang isang kakumpetensya mo.. na hindi mo matalo kaya naman nauwi sa pagkakagusto mo sa mga ginagawa ko.."

"H-Hindi ko maintindihan.."

"Infatuation ang tawag dyan.."

Infatu---what!?

"Paghanga.. crush.. yan yun.." blangko pa rin ang mukhang sagot nya.

"Kasi.. kapag nagkagusto ka sa isang tao.. mahihirapan kang sabihin sa kanila yung tunay na nararamdaman mo.. at hindi kasing bilis ng ginawa mo.."

Ano bang sinasabi nya!?

"Nung magkagusto ka kay Kim.. nasabi mo ba agad yung nararamdaman mo??" seryosong tanong nya.

"H-Hindi.." agad na sagot ko at napaisip. **"N-Nagpatulong pako kila Lee at Tob.. g-ganon na rin sa kapatid ni Kim.. p-para lang makapagpropose ako sa kanya.. na m-may gusto ako sa kanya.. it t-took me months b-bago ko maamin.."**

"Exactly.. yun ang ang eksaktong sinasabi ko.."

"Pero h-hindi tulad ng nararamdaman ko kay Kim ang nararamdaman ko sayo.." seryoso talagang sagot ko.

"Walang pinagkaiba yan kay Kim.."

"Kung ganon.. bakit hindi ako nasaktan don sa ginawa ni Kim?! Sabihin na nating nasaktan ako pero hindi matindi.. hindi tulad ng sakit na nakita't naramdaman ko sayo nung gabing nag-usap kayo ni Randall.." inis na sagot ko at mabilis namang nagsalubong ang mga kilay nya!

"Kailangan mo ba talagang isali sya parati sa usapan!?"

"E ikinukumpara ko lang naman---"

"Hindi mo kailangang ikumpara dahil yung katotohanang magkaiba'ng tao kayong dalawa---dapat alam mo ng magkaiba kayo..

wag mo na ulit syang babanggitin kapag tayong dalawa lang ang magkausap!" biglang galit na sabi nya!

"Bakit ba hindi mo sya makalimutan ha?! Kailan mo ba matatanggap na may girlfriend na nga syang iba?!"

"At kelan mo rin ba titigilan ang pangunguwestyon sa nararamdaman ko?!" pigil ang galit na tanong nya dahilan para matahimik ako.

Kung ganon.. mahal nya pa nga si Randall!?

Hindi ko maintindihan ang biglang kirot na naramdaman ko..

Hindi ako nakasagot..

"Yung mga sinasabi mo.. lahat yun ay hindi ko maintindihan dahil lahat malabo.. lahat hindi madaling paniwalaan.. dahil lahat ng yun ay kwestyonable.." wala na namang emosyong sagot nya pero hindi ko pa rin sya tinitignan. **"Yung na-challenge ka sa personality ko.. naiintindihan ko yun at wala akong problema don.. Yung humanga ka sa pagliligtas na ginawa ko sayo.. mas naiitindihan ko yun dahil bibihira na lang talaga ang mga babae'ng ganon.. ang may lakas ng loob para ipaglaban ka sa kung sino sino.."** dagdag nya pa at nanatili akong nakatingin sa paanan nya.

Bakit ganito ang nararamdaman ko?!

"Pero.. kung meron mang tao'ng mangangailangan ng tulong ko.. tulad mo.. tutulungan ko rin sila.. Kung para sayo.. ako lang ang nakakagawa ng mga bagay na yan sayo.. Para sakin.. hindi lang ikaw ang tao'ng kaya kong gawan ng ganyan.."

"Tama na.." mahinang sambit ko at bumuntong-hininga naman sya.

"Ano baaaa!!!!"

Oh!?

Sabay kaming napalingon ni Taguro sa pinagmulan ng pamilyar na boses na yun at...

WTF???

Mabilis akong naglakad papalapit sa kotse ko at tanaw na tanaw ko kung panong hinawakan nung pamilyar na gangster si Kev sa jersey nya!

Sya si Yago!

Anong ginagawa nila dito!?

Kinabahan ako bigla nung makita ko yung mga gangsters na yun na dating humarang sakin!!!!

Haharap na sana ako kay Taguro nung makita kong naglakad na sya papalapit sa kanila!

"T-Taguro!" malakas na tawag ko sa kanya pero hindi nya ako pinansin kaya naman mabilis na rin akong naglakad papalapit sa kanila. **"Taguro ano ba.. w-wag ka ng sumali sa kanila."** mahinang bulong ko pa.

"Bitiwan nyo sya.." malumanay sa sambit ni Taguro dahilan para mapalingon ang lahat sa kanya....at sakin!!!

"Oh.. Maxpein! It's been a while.." nakangising sabi ni Yago sa kanya.

"Bitiwan nyo sya.." malumanay pa ring sagot nya.

"Hahahaha.. bakit?! Kilala mo ba 'to si Gonza?! Taga-Luna 'to ah.. pano mo nakilala?!"

"Bitiwan nyo sya.."

"M-Maxpein.. a-ako ng bahala dito.. umalis kana-----Agh!!!" hindi natapos ni Kev ang sinasabi nya dahil pabato syang binitiwan ni Yago!

"Pano ba yan Mallyu?! Frustrated murder nalang 'to!? May dumating na superhero e.." natatawang sabi ni Yago dun sa isang pamilyar rin saking lalaki!

Sya yung leader!

"Anong ginagawa nyo dito?" salubong rin ang kilay na tanong nung tinawag na Mallyu samin.. na sakin mismo nakatingin! **"Kumusta Enrile!?"** nakangising tanong nya at hindi ko naman sya sinagot.

"Oh!? Si Enrile nga hahahahaha! T*ngina buhay ka pa talaga?!'"

"Ano bang ginagawa nyo dito?" malumanay na tanong ni Taguro sa kanila at mabilis namang tinapakan ni Mallyu sa leeg si Kev!

"A-Araaaay! T-T-Ti-Tigilan mo-----!" hirap na hirap na sigaw ni Kev sa kanya!

"Nandito kami para sa loko'ng 'to.." nakangising sagot ni Mallyu na mukhang mas diniinan pa ang pagkakatapak sa leeg ni Kev!

"A-Arrrgghhh ar-aaaaayy---"

"Sinabi ko naman sayo Gonza.. pumili pili ka ng kakabanggain mo.. Hindi porket machicks ka e luluhuran na kita.. ilang beses kitang binantaan pero hindi ka mang lang nakinig.. tsk tsk tsk.." naaawa kunwaring sabi nung Mallyu kay Kev na bakas sa mukha ang sakit na nararamdaman!

"A-Aray!!!" sigaw pa rin ni Kev!

"Ano?? Masaket?? T*ngina ka masaket!? Gago!" malakas na sigaw ni Mallyu at...

~BOOOOOOOOGG!!!!~

Malakas nyang sinipa sa dibdib si Kev!

"A-Ano ba tama na!" sigaw ko at napatingin naman sila sakin! "Ano bang g-ginagawa nyo dito!?"

"Ohh?? Enrile.. Hahahahah.. maglalakas-loob ka rin lang na tanongin ako.. hindi mo pa maayos ang pananalita mo!? Nanginginig ang boses mo at natatakot ka pa yata saken?!" nakakalokong ngiting tanong ni Mallyu sakin habang dahan dahang lumalapit sakin!

"K-Kung m-manggugulo k-kayo.. w-wag dito.." utal na sabi ko pa sa kanya!

"Hahahahahaha! T*ngina wala pakong ginagawa sayo parang takot na takot ka na ah?! Tignan ko nga tuhod mo!?" sabi nya na umastang hahawakan ako sa tuhod pero umiwas ako! **"Mukhang nangangatal na tuhod mo brad ah!?"**

"U-Umalis na kayo dito b-bago pa ako tumawag ng security.."

"Bwahahahahahahahahaha!" malakas na tawanan nilang lahat!

"Etong itsura'ng 'to sa tingin mo ba matatakot kami sa security!?" tumatawa munit nanlalaki ang mga mata'ng tanong ni Mallyu sakin! At sa hindi inaasahan ay mabilis syang sumugod sakin at...

Pumikit ako na bahagyang umilag pa!!!

At nung wala akong maramdaman...

Dahan dahan kong iminulat ang mga mata ko..

Nakaharang na si Taguro sa harap ko..

"Sinabi ng tama na.." malumanay pa ring sambit ni Taguro.

Alam kong hindi tama pero...

Eto yun e.. eto yung sinasabi ko sayo Taguro.. hehehehe.. Ang sarap sa pakiramdam na kahit nasa peligro ako.. hindi ko magawang matakot dahil alam kong hindi mo ko pababayaan..

Hindi ko man magawang ngumiti sa mga oras na yun.. kakaibang tuwa ang naramdaman ko sa simpleng bagay na ginawa ni Taguro'ng yun..

Pakiramdam ko na naman ay ligtas ako twing nandyan sya..

Alam kong nakakahiya dahil babae sya at ako ang lalaki.. pero ang totoo ay yun ang isa sa mga hinahangaan ko sa kanya..

Yung bagay na ako dapat ang gumagawa sa kanya.. sya ang gumagawa sakin..

"Tama na.." si Taguro pero hindi sya pinansin nung Mallyu na mukhang mas diniinan pa!

Hindi ko na napansin ang ginagawa nila sa sobrang kaiimagine ko! Tsk!

"A-Araaaayyy!!!"

"Sinabi ng tama na e!" sigaw ni Taguro at...!!!!!!!

~BLAAAAAAAAAAG!!!!~

MALAKAS NA SINIPA NI TAGURO SI MALLYU DAHILAN PARA MAPAATRAS ITO AT MAALIS SA PAGKAKATAPAK SA LEEG NI KEV!!!!

WTF??

"T-Taguro ano ba?" mahinang bulong ko sa kanya pero hindi nya ako pinansin!

"Gago ka talaga Maxpein!" sigaw ni Yago sa kanya na agad na linapitan si Mallyu at umastang nakaakay dito! **"Masyado ka naman yata'ng nagpapakabayani ha!?"**

"Ilang beses ko ng sinabing tigilan nyo na.."

"Bobo ka ba?! Kilala mo kami! Hindi kami yung tao'ng susugod sa tao'ng wala namang atraso samin! At saka isa pa bakit ba nangingialam ka na naman ha?! Kilala mo ba 'tong Kev Gonza na 'to!? Alam mo ba kung anong atraso ang meron samin 'to?! Sino ka ba talaga sa akala mo para sumali sa gulo ng may gulo Maxpein!"

"Sino ka rin ba sa akala mo para manggulo kung kelan mo gusto!?" galit na tanong ni Taguro sa kanya.

"T-Taguro ano ba? Wala tayong l-laban dyan.. a-ang dami nila oh.." bulong ko sa kanya pero hindi nya pa rin ako pinansin! Nanatili lang ako sa likod nya!

Nakakainis rin pala! Dahil sa mga ganitong pagkakataon.. alam kong wala akong pakinabang lalo sayo.. Badtrip!

"Umalis na kayo.." malumanay pa ring sabi ni Taguro pero..

Mabilis syang sinugod ni Mallyu at dinaklot sa damit!

"Matapos nung ginawa mo sakin---sino ka sa akala mo para sundin ko?!" nanggagalaiti'ng tanong ni Mallyu sa mismong mukha ni Taguro!

"T-Taguro.." mahinang bulong ko!

Damn it Deib! Wag kang duwag! Do something!

"Kapag kinanti ka ba namin dito.. sino sa tingin mo ang tutulong sayo?! Alen?! Etong dalawang gunggong na 'to!?" tanong ni Mallyu kay Taguro na tumingin pa saming dalawa ni Kev na kasalukuyan pa ring nakahiga sa sahig at namimilipit sa sahig! **"Masyado ka naman yatang**

matapang Maxpein?!" nakakalokong ngiting tanong pa ni Mallyu sa kanya!

"Bitiwan nyo sya!" malakas na sigaw ni Kev na hindi namin namalayang tumayo na pala at akmang susugod kay Mallyu pero...

~BLAAAAAAAAGGG!!!!~

Oh?!

Tumalsik si Kev sa malakas na sapak na ginawa ni Yago bago pa man sya makalapit kay Mallyu!

"Anak ng teteng nakakatayo ka pa?!" mayabang na tanong ni Yago kay Kev na hirap na hirap ng tumayo habang nakatuon ang dalawang kamay sa isang tuhod!

Agad akong tumingin kay Taguro dahil mas bumilis na ang tibok ng puso ko! Natatakot akong baka may mangyari sa kanya! Baka kung anong gawin sa kanya ng mga gangster na 'to!

"A-Ano ba?! Tama na!" sigaw ko!

Binitiwan ni Mallyu si Taguro at dahan dahang lumapit sakin..

"Kanina ka pa e.. masyado kang maingay.. wala ka namang pakinabang!" galit na singhal sakin ni Mallyu habang dahan dahang lumalapit sakin at dahan dahan rin naman akong umaatras habang nanlalaki ang mga mata'ng nakatingin sa kanya!

Hanggang dyan ka na lang!

"Dapat talaga tinapos ka na namin dati e.. masyado kasing bayani 'tong si Maxpein kaya hindi man lang kita nagawang galawin noon.." nakangisi pang sabi nya. **"At talagang ka pa dito?! Hahahahaha.. alam mo ba kung gaanong kumukulo ang dugo ko kapag nakikita kita at maaalalang ni hindi ko man lang sya nagawang saktan ka nung una tayong nagkita?!"**

Iniiwas ko ang tinign ko sa kanya at nakita ko si Taguro'ng nilapitan si Kev at tinulungang tumayo!!!!

Damn it anong gagawin ko! Badtrip!

Mabilis akong sinugod ni Mallyu at hinawakan rin sa jersey ko!

"Kakaiba rin ang tapang mong sumabat sa usapan ng malalakas e no?! Anong akala mo samin?! Tulad lang nung mga tao'ng binubully bully mo?! Hahahahaha.. hindi porket mayaman ka aatrasan na kita Enrile.."

"B-Bitiwan mo ko----"

"Manahimik ka!!!!" malakas na sigaw nya sakin at kitang kta ko naman sa mga mata nya ang galit! Nakaramdam ako ng kakaibang takot sa dibdib ko at pakiramdam ko na naman ay katapusan ko na! **"Hindi ka man lang ba natatakot sa mga simpleng ginagawa namin at naglakas loob ka pa talagang sumabat sa usapan namin!? Anong akala mo sa sarili mo!? May magagawa ka?! Kung sasaktan ba kita ngayon may magagawa ka-----!!!"**

Mabilis syang hinila ni Taguro dahilan para bahagya pa akong mapasubsob sa sahig!

"Ano ba!" malakas na sigaw nya kay Taguro na salubong na salubong ang kilay at galit na nakatingin sa kanya! Mabilis namang nagsipaglapitan ang iba pa nilang kasama samin at ayun na naman yung mga baseball bat nila!

Badtrip naman oh! Wala na naman ba'ng security guard dito!? Bakit sa twing mangyayari 'to walang taong tutulong samin!

"Inuubos mo talaga ang pasensya ko Maxpein!" malakas na sigaw ni Mallyu kay Taguro!

"Galawin mo na lahat wag lang yan.." nakangising sagot ni Taguro sa kanya at..

TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!

Mabilis na tumibok ang puso ko...

Saraaaappp...

Ano ba Deib! Umayos ka!

"Baket!? Syota mo na ba 'to?!" natatawa kunwari pang tanong ni Mallyu sa kanya! Agad naman akong napatingin kay Taguro!

"Alam nyo ba kung anong meron dito ha?!" inis na tanong ni Taguro sa kanya!

"Interhigh! Bakit?!"

"Alam nyo naman pala e.. at player nyo yan!" turo ni Taguro kay Kev.

"Hahahahahahah! Oo! Alam ng buong LU na player namin ng basketball ang hambog na yan! E ikaw? Alam mo ba kung anong atraso samin nyan?! Yang gago'ng yan lang naman ay pinaiyak ang chic ko!" mabilis nyang tinalikuran si Taguro at mabilis ring dinampot si Kev at kinaladkad papalapit kay Taguro'ng salubong na naman ang kilay! **"Etong tarantado'ng 'to na akala mo kung sinong gwapo----nagkagusto lang sayo yung chicks ko pinaiyak mo na!"** nanggigigil na sigaw ni

Mallyu kay Kev na mukhang hinang hina pero itinapon nya parin sa kalsada! **"Ha!"**

"At talagang etong araw na 'to pa talaga ang pinili nyo para gantihan sya ganon!?"

"Why not?! Hahahaha.. para mas exciting.. at saka bakit ba nangingialam ka na naman!? Hindi mo na teritoryo 'to hindi ba?! Sa BIS ka na.." mayabang na sabat ni Yago na syang dumakma naman kay Kev ngayon!

"Hindi na nga.. pero kilala ko ang tao'ng yan.." turo ni Taguro kay Kev.

"Bakit?! Kami ba hindi!?"

"Kilala.. kilalang kilala.. kaya nga ako nandito ngayon para salubungin kayo e.."

"Hahahaha nang ano?!"

"Neto-----"

~BLLLAAAAAAAAGGG!!!!!!~

"Taguro!!!" hindi ko na napigilan ang sarili kong lapitan at tawagin sya nung mabilis nyang sapakin si Yago!

"Tarantado ka Pein!"

"Matagal na.." mayabang pang sagot ni Taguro sa kanya!

"Bakit mo ko sinapak!"

"Para magising ka.."

"Gago ka! Wala kang sinasanto! Ngayon hindi na ako magdadalawang isip na----"

"Wala kang magagawa.. salungat ang trip natin e.."

"Mayabang ka masyado!!!!!"

"Waaaaggg!!!!" mabilis na iniharang ni Kev Gonza ang kamay nya nung akmang sasapakin rin ni Yago si Taguro!

"Matibay ka ah!!!!"

~BLAAAAAAAAAGGG!!!~

Malakas na sinapak ni Yago si Kev dahilan para tumimbawang sya sa kalsada!

"Ano ba!? Tigilan nyo na nga! Max! Tara na!" tawag ko kay Taguro pero hindi sya natinag!

~BLAAAAAAAAAGGG!!!~

Muling sinapak ni Yago si Kev Gonza na hindi naming parepareho namalayang nakatayo na pala at astang sasapakin na naman si Yago munit

naunahan sya!

"Wag ka ng magpumilit maging malakas dahil wala kang gawa samin!" si Yago.

"Umalis na kayo..." malumanay na sabi ni Taguro.

"A-Ano kamo?!" nangingiti pang tanong ni Mallyu,

"Umalis na kayo bago pako magpatawag ng security----"

"Hindi kami takot sa sekyu Pein.. alam mo yan.." natatawa pang sagot ni Mallyu sa kanya!

"Sakin!? Hindi rin ba?!" mayabang na tanong na naman ni Taguro at nagkatitigan sila. **"Bumalik kayo dito.. kapag kakaunti na kayo.. Wag kayong sumugod ng isang grupo.. Isa isa lang kapag iisa lang naman pala ang puntirya nyo.. Sibat na!"**

"Sinong gago ang akala mong susunod sayo?!"

Mabilis na hinila ni Mallyu ang braso ko at isinakal ang braso nya sakin!

"B-Bitiwan mo ko----"

"Tumahimik ka!!! Kapag hindi ka tumahimik ay hindi na talaga ako magdadalawang isip na butasan ka! Isang dada mo na lang Enrile.. isang dada mo na lang.. Magpapaalam ka na sa mundong ibabaw.." seryoso talagang sabi nya sa mismong tenga ko at napatingin naman agad ako kay Taguro!

Hindi sya nakatingin sakin dahil deretso syang nakatingin kay Mallyu.

"Bitiwan mo sya.." malumanay na sabi ni Taguro sa kanya.

"Bakit naman kita susundin! Gago! Traydor ka!" sigaw naman ni Mallyu sa kanya!

"Hindi kita kailanman naging bataan para sabihan mo ko ng ganyan Mallyu.. Alam mo ba talaga ang ibig sabihihin ng salitang traydor?!"

Ano ba Taguro! Wag mo ng tanongin ng kung anu-ano dahil kapag nag-init ang ulo nito.. yari ako!

"Sino ba sating dalawa ang hindi marunong tumingin sa kung sinong mas nakakataas ha Maxpein!?"

"Nakakataas?! Bakit?! Sino ka ba?!" galit na tanong ni Taguro sa kanya! **"Hindi ba't isa ka lang naman don sa mga rebelde'ng estudyante na nagtatapang tapangan para lang katakutan?! Tatanongin nga kita?! Ano bang napapala mo dyan sa pinaggagagawa mo?! Bukod sa kinatatakutan ka ng mga schoolmate mo at ng ibang tao.. ano pang napapala mo?! Wala na hindi ba?!"**

"Manahimik ka Maxpein dahil wala kang alam!"

"At ikaw meron!?"

"Oo!"

"Tss.. Bitiwan mo sya habang maayos pa ang pag-iisip ko.." biglang malumanay na sabi ni Taguro at dinig na dinig ko naman sa tenga ko ang pabulong na pagmumura pa ni Mallyu.

"Ha! Anong akala mo sakin?! Sing bobo mo?! Kung alam ko namang ayaw mong masaktang 'tong syota mo e bakit ko bibitawan!"

"Edi sige saktan mo!"

"H-Hoy Taguro ano bang s-sinasabi mo!?" takot na takot na tanong ko!

"Hahahahahah! T*ngina sinabi ko na nga ba puppet mo lang 'tong si Enrile e! Ano Enrile!? Ngayon alam mo na!? Hahahaha.. Hindi si Maxpein yung tipo ng taong----"

~BLAAAAAAAGGG!!~

Hindi namalayan ni Mallyu ang mabilis na paghila ni Taguro sa kamay nya at mabilis na sinipa sya dahilan para mapaupo sya sa gutter!

"Boss!!!" malakas na sigaw ni Yago na akmang lalapit kay Taguro! **"Gago ka ah!!!"**

"Wag!" sigaw ni Mallyu dahilan para hindi ituloy ni Yago ang gagawin nya dapat kay Taguro**! "Wag nyo syang gagalawin dahil akin sya.."** nakangisi munit galit talagang sambit ni Mallyu! Dahan dahan syang tumayo at ramdam ko naman ang mabilis na paghawak ni Taguro sa braso ko at unti-unti akong iurong papunta sa likod nya! **"Ubos na ubos na ang pasensya ko Maxpein!!!"** gigil na gigil na sigaw ni Mallyu!

Hindi sya sinagot ni Taguro na napapaatras na rin dahilan para mapaatras rin ako sa likuran ko!

Nakangiwi ang mukha ni Mallyu at namumula na ang ibaba ng labi nya! Marumi na rin ang damit nya at talagang bakas na ang panggigigil sa buong katawan nya! Naglakad sya papalapit samin..

"A-Anong gagawin mo!?" tanong ko nung malapit na sya samin pero hindi nya ako sinagot!

"Kung umasta ka akala mo may magagawa ka!?" nakakatakot na tanong ni Mallyu kay Taguro! **"Kababae mong tao akala mo kung sino kang malakas kung umasta ka sa harap ko! Ngayon natin malalaman kung hanggang saan ang kaya mo!**" sigaw nya pa at sumugod kay Taguro!

~PAAAAAAAAK!!!~

"Tag----"

Kusa akong napahinto at paglinga ko ay nakaharang na si Kev sa pagitan nina Mallyu at Taguro!

"Umalis ka sa harap ko kung gusto mo pang mabuhay Gonza!" malakas na sigaw ni Mallyu sa kanya!

"W-Wag nyo na syang idamay.. a-ako na ang nakikiusap.. a-ako na lang.." hinang hina munit pilit lumalaban na sambit ni Kev.

"K-Kev.." tawag ko sa kanya pero hindi nya ako pinansin.

"A-Ako na lang M-Mallyu.. w-wag nyo sya----"

"Hahahahhahaaha!" malakas na tawa ni Mallyu! **"Wag mo sabihing pati ikaw ay may gusto dyan kay Maxpein!?"** tanong pa nya kay Kev na nananatiling nakatungo! **"Hahahahahaha! Alam mo ba ang pasikot sikot ng bituka nyan Gonza?! Baka kapag nakilala mo yan ay mas katakutan mo pa yan kesa saken!"**

Anong ibig nyang sabihin!?

"S-Sasama na ako sa inyo.. w-wag nyo lang sya gagalawin----"

"E hindi na nga ikaw ang kailangan namin ngayon at sya na! Wala kang pakinabang kaya tumabi ka!" sigaw ni Mallyu at malakas na itinulak si Kev! At saka sya muling humarap kay Taguro! "Hindi ko rin naman talaga sila masisisi.." nakangisi pang sambit nya. **"Maganda ka naman talaga.. nakakabilib rin yung tibay ng loob mo at angking tapang.. pero.. hindi ko maitatangging pinag-iinit ng yabang mo ang ulo ko!"** galit na namang tanong ni Mallyu sa kanya! **"Sige nga Maxpein.."** nakangiting sambit nya pa. **"...susubukan nga kita.. Tignan natin kung hanggang saan ba talaga ang kaya mong gawin.. Kasi.. sa tagal ng panahon na nakilala kita.. nakakapagtaka rin namang kinatatakutan ka ng lahat kahit wala ka namang ginagawa.. Ano ba talaga ang kaya mong gawin?! Kaya mo ba talaga akong saktan?!"** natatawa munit naghahamong tanong nya pa!

"Sabihin mo sakin.." malumanay na sambit ni Taguro at mabilis na namang tumibok ang puso ko sa takot!!!!!

Ano bang ginagawa mo! Kapag may nangyari sayo mas lagot ka talaga sakin!

"Anong sasabihin ko sayo?!" nakangisi at mayabang na tanong ni Mallyu sa kanya na iniabot ang kamay sa kasama at iniabot naman nito ang baseballbat!

Anong gagawin nya?!

"Sa anong paraan mo ba gustong masaktan??" malumanay pa rin tanong ni Taguro sa kanya dahilan para mapatingin ako sa kanya! **"Sa paraang.. *'biglaan'*?? O.. *'dahan dahan'*??"**

"Aba'y tarantado----"

~PRIIIIIIIIIITTTTTTTTTT!!!!!!!!~

Sabay sabay kaming napalingon sa pinanggalingan nung pito'ng yun!

"What's going on here!" galit na tanong ni

Mokz!

Mabilis na sumugod si Mokz papalapit samin kasama ang dalawang gwardiya at-----

Yari na!

Gulat akong nakitang kasunod ni Mokz at nung mga guard ay sina Chairman and President Moon at ganon na rin sina Maxrill at More!!!!

Agad akong napatingin kay Taguro pero nasa baba ang paningin nya..

"Anong kaguluhan ito!" malakas na sigaw ni Maze! **"Maxpein?!"** baling nya kay Taguro pero hindi ito sumagot! **"Kayo! Sino kayo!"**

"P-President Moon.." si Mallyu.

Kilala nya?!

"Bring them inside!!!! Now!" sigaw ni Maze sa mga guards na mabilis rin namang sumunod sa kanya! **"Kayo!"** baling nya samin! **"Sumunod kayo!"**

Saan!?

Mabilis silang tinalikuran kami munit naiwan si More.

"Are you okay?!" nag-aalalang tanong ni More kay Taguro at saka tumingin sakin.. pero sabay pa kaming nagulat ni More nung biglang lumapit si Taguro kay Kev!

Sinabi ng wag lalapitan yan e! Makakatayo namang mag-isa yan!

"Ayos ka lang?" malumanay na tanong ni Taguro sa kanya.

"A-Ayos lang---"

"Tutulungan na kita.."

"K-Kaya ko.."

Inis akong tinignan silang dalawa

Grrrrrr! Badtrip 'tong bansot na 'to ah! Sana pala mas pinuruhan para mas makatarungan ang dating sakin pag tinulungan sya ni Taguro!

Hindi na nagpatulong si Kev kay Taguro at naglakad itong mag-isa munit nanatiling nakaalalay si Taguro sa kanya!

"Let's go.." yaya sakin ni More. Tinignan ko sya pero hindi ko maiwasang mapatingin pa rin kila Taguro at Kev. **"Kaya nila yan.. halika na.."** seryosong sambit pa ni More kaya naman wala akong choice kung hindi ang sumunod na lang sa kanya.

Habang naglalakad kami papasok ng SIS ay hindi ko pa rin mapigilan ang sarili kong lingunin sila Taguro..

Hindi nya tinutulungan si Kev pero halatang nakaalalay sya kay Kev para kung matumba man 'to ay masasalo nya!

Tch! Bakit nya ba ginagawa yan!? Ano bang akala nya sa sarili nya!? Lalaki?! Nakakainis!

"Ganyan talaga ang ugali nyan.." biglang sabat ni More dahilan para mapatingin ako sa kanya.

"P-Po??"

"Si Pein.. ganyan talaga ang ugali nya.." ulit nya pa. Tumingin naman muna ako kina Taguro at Kev bago sinagot sya.

"A-Ang alin po?"

"Mahilig sa rambol.."

"Tch.. nakakainis nga po e.."

"Dahil nalulusutan nya naman parati.."

"B-Bakit nga po ba ganyan ang anak nyong yan?!" inis na tanong ko.

"Hindi ko alam.. One thing that I dislike about her is that masyado syang matakaw sa gulo.. Kahit na hindi sya kasali sa gulo.. kapag nakakita sya ng kakilala nyang sinasaktan.. tinutulungan nya.. Even if its dangerous.. wala syang pakialam.." salubong ang kilay ni More. **"Pagagalitan na naman sya panigurado.."**

Badtrip naman kasi! Bakit kailangan pang tumulong don! Hindi ba't sya nga 'tong badtrip na badtrip dito sa Kev Gonza na 'to!? Bakit nya pa tinulungan?! Nakakainis!

Sa kasusunod namin kila Maze ay nakarating kami sa Guidance Office ng SIS!

Hindi ko inaasahang makikita ko doon si Randall!

"Anong nangyari?" tanong pa ni Randall sakin! Hindi ko naman sya nagawang sagotin dahil agad rin syang lumapit kay Taguro na nagulat pa sa biglang pagsulpot nito sa harap nya! **"Are you okay!?"** nag-aalalang tanong nya kay Taguro.

Yeah right.. ganyan ka kawalang silbe Deib.. Hindi mo man lang kinumusta si Taguro kung ayos lang sya! Hindi mo man lang sya nagawang

tulungan! Tapos ang lakas ng loob mo sabihing kaya mong patunayang may gusto ka sa kanya?! Engot!

Nakaramdam ako ng matinding panlulumo nung maayos namang kausapin ni Taguro si Randall at sagotin ang mga tanong nito.

Ewan ko ba kung bakit wala naman silang ginagawa.. pakiramdam ko ay naiinis ako!

Isa isa kaming pinaupo nung secretary.. pumasok naman muna si Maze at Chairman sa isang maliit pang office kaya naman napatingin na ako sa kabuuan nung office!

Lahat kami ay nasa kaliwa at ang mga taga-Luna maliban kay Kev ay mga nasa kanan! Mga mukha pa rin silang galit at ang dudumi na nilang tignan!

Bagay na bagay na talaga sa kanila ang uniform nila ngayon! Tch!

Inis na naman akong tumingin kila Taguro.

A-Ano na naman yan!?

Mas nakaramdam ako ng inis nung biglang kunin ni Taguro ang First Aid Box mula kay Randall at simulang gamotin ang mga sugat ni Kev!

"Masakit yan.."

Agad kong nilingon si More nung sambitin nya ang huling linyang yun.

"P-Po?"

"Hahahaha.. yung ganyang sugat kako.. Masakit yan.."

"A-Ahh.. h-hehehe.. m-mukha nga po.." naiilang pa na sagot ko!

Ewan ko ba kung bakit pakiramdam ko ay iba ang ibig nyang sabihin! Parang ang dating sakin nung sinabi nya ay *'BANTA'* na magiging masakit para sakin ang tignan ang tao'ng gusto ko na pinaggigitnaan ng dalawang lalaking karibal ko sa kanya!

Badtrip!

"What happened?!" napalingon ang lahat sa pinanggalingan ng malaking boses na yun. At nakita naming kasunod nina Maze ay lumabas ang isang lalaking mukhang kasing edad rin ni Lolo. Pamilyar ang mukha nya sakin at sa tingin ko naman ay nakilala ko na sya noon.

"S-Sino po yan??" mahinang tanong ko kay More.

"Sya ang pumalit na Dean sa dating Dean ng SIS.. Lolo ni Randall.."

"A-Ahh.."

Hindi na kami nag-usap pa at pinanood na lang na magsipag-upuan ang mga Moon at yung Lolo ni Randall.

"I am Dean Ford Echavez and I am the Dean of SIS! Ano 'tong nakarating sa akin na nagkakagulo daw kayo!" galit na tanong nya.

Nagkasagutan sa loob ng Dean's Office na yun! Kanya kanyang paliwanag at sisihan ang nangyari! Ipinaliwanag rin ni Kev Gonza kung bakit sya sinugot nung mga kaschoolmate nya at lalong nagalit ang Dean nung malamang dahil lang pala sa nakipagbreak kay Mallyu ang girlfriend nya dahil nagkagusto kay Kev Gonza! Hindi sya nagustohan ni Kev kaya naman hindi nya 'to pinansin! Nagsumbong naman daw agad yung babae kay Mallyu kaya sinugod ni Mallyu si Kev! Nakakatawang dahilan at napakawalang kwenta! Pero tignan mo naman ang kinalabasan!? Tsk tsk tsk..

MAX'S POV

Walang humpay ang sigaw ni Dean Echavez sa grupo nila Mallyu at si Sensui naman ang tagasagot ng tanong sa grupo namin.

Kasalukuyan kong ginagamot ang sugat ni Kev Gonza. Masyadong marami ang tama nya.. marumi na ang suot nya at namumula halos lahat ng parte ng katawan nya.. Namaga agad ang kaliwang pisngi at kanang mata nya at may dugo pa ang labi at ilong nya.

"S-Salamat.." pilit na usal nya.

"Sa susunod.. wag mo nako subukang iligtas.." mahinang sagot ko sa kanya.

"H-Hindi naman ako papayag n-na s-saktan nila a-ang d-destiny ko.." hirap na hirap pang sagot nya.

"Alam mo ba kung anong pwedeng mangyari sayo don sa ginawa mo?" inis na tanong ko.

"W-Wala akong pakialam dahil a-ang mahalaga sakin.. w-walang mangyaring m-masama sayo.. H-Hindi pwedeng h-hindi ako kikilos don.. a-at mas h-hindi pwedeng... a-argh.. m-mas hindi pwedeng t-titigan na lang kitang s-sinasaktan nila.."

"Hindi nila magagawa sakin yun.."

"K-Kahit pa.. w-walang may karapatang g-gumalaw sayo h-hanggat n-nakakatayo a-ako.."

"Tss.. hindi mo ko kilala.. kaya wag ka ng magmatigas.." malumanay munit makahulugang sagot ko dahilan para matahimik sya.

"What!? Dahil lang don!?" malakas na sigaw ni Dean Echavez, Lolo ni Randall!

"Y-Yes Dean.." sagot ni Kev na kasalukuyang hirap na hirap magsalita dahil sa namamagang labi nya.

"Oh e anong mangyayari satin ngayon nyan?! Kung ganyang magkakaschoolmate pala kayo at walang kinalaman ang ibang schools and students sa gulo nyo!? Kung tutuusin ang gulo nyo ay minor at pinalaki nyo lang! Nandamay pa kayo ng ibang students!"

"S-Sorry Dean.." sagot nila Mallyu.

"Anong sorry!? Sa tingin nyo ay ganon na lang yun?! Ipapatawag ko ang Dean at ang mga magulang nyo!"

"D-Dean naman?!"

"Hindi pwede sa amin ang ganyan!" sigaw ni Dean sa kanila. **"Fighting is unacceptable for any reason in this school and will not be tolerated!! Any student who engages in such actions will be issued a citation for disorderly conduct by a local police officer and could be taken to jail! You could be taken to jail! Alam nyo ba yon!?"**

"H-Hindi po.."

"I can even recommend that battery charges be filed against all of you!"

"D-Dean naman.."

"I cannot believe this! This is the first time I've encountered such incident inside this school!"

"N-Nasa labas naman po kami!" si Yago.

"Kahit pa!" sigaw ni Dean! **"You're not even 10 feet far from our school!"** galit talagang sigaw ni Dean. **"They are the owners of your school.. are you aware?!"** tanong ni Dean na itinuro pa sina Maze at Chairman.

"Y-Yes Dean.." napapatungo'ng sagot nila Mallyu.

"Ipapatawag ko ang mga magulang nyo.. saka natin pag-usapan.. You may leave this office.." makapangyarihang sagot ni Maze at isa isang nagsipagtayuan ang grupo nila Mallyu. Tumingin pa muna sila ni Yago sakin bago tuluyang lumabas at umalis. **"Doc Randall?"** tawag ni Maze kay Randall na agad namang nilingon sya,

"Yes President Moon?"

"Take him to the hospital.. please check if he's injured.."

"Yes President Moon.." sagot ni Randall na inakay agad si Kev na tumingin pa muna sakin at pilit na ngumiti bago tinulungang tumayo ni Randall.

Iniligpit ko naman muna ang mga gamit ni Randall saka ako tuluyang tumayo.

"Talaga namang pinanindigan mo na ang pagiging *'gangster'* mo Maxpein?!" pang-iinsulto'ng tanong ni Maze. Nakatayo ako munit hindi nakaharap sa kanya, nakatalikod ako sa kanilang lahat at nakaharap sa pinto palabas nung office.

Saglit pa akong bumuntong-hining bago tuluyang humarap sa kanila.

"Kahit saan ka pumunta, may dala ka talagang gulo.." seryoso munit tunog sarkastikong tanong nya pa, hindi ko naman pinansin yun. **"Wala ka na ba talagang kahihiyan?!"**

"E-Excuse me P-President Moon pero.. h-hindi po kami ang may kasalanan.." sabat ni Sensui pero pareho naming hindi sya nilingon.

"Hindi mo man lang iginalang ang school na pinanggalingan mo.. at talagang dito mo pa nakuhang manggulo!" sigaw nya pa ulit at napatungo pa ako. **"Kung may mangyari sa isa sa inyo, ano ang gagawin mo? May magagawa ka ba?! Wala!"**

"Tapos ka na ba?" tanong ko. **"Kasi kung tapos kana.. baka pwedeng mauna na ako dahil may laro pa ako.."**

"Maxpein!" si Chairman Moon.

"Nasa interhigh pa rin ho tayo at wala akong choice kung hindi umalis na kesa madisqualify ako.. excuse me.." malumanay na sagot ko na tumango pa at saka tumalikod sa kanila.

"Let her go.." dinig ko pang sabi ni Chairman at saka ako naglakas loob na lumabas ng Office na yun.. Mukhang busy naman sa kapapanood ang karamihan ng mga students kaya wala man lang nakapansing pumunta kami sa Dean's Office ng SIS.

Hindi man lang muna nagtanong bago nagbunganga.. Lupet mo talaga Maze.. iba ka..

"Taguro!"

Hindi ko na liningon pa si Sensui, nagtuloy na lang ako sa paglalakad ko papunta sa room namin nila Naih.

"Taguro ano ba hintayin mo nga ako!" sigaw na naman nya at maya maya lang ay kasabay ko na syang naglalakad. **"A-Ano ka ba?! B-Bakit mo naman ginanon yung Mommy mo!?"** tanong nya at agad naman akong napahinto sa tanong nya.

"Ano kamo?" pigil ang inis na tanong ko.

"Bakit ganon ka sumagot sa Mommy mo?! Pwede ka namang magpaliwana---"

"Nakalimutan mo na ba?!"

"A-Ang alin?"

"Hindi ko sya nanay!"

"Tss..."

"S-Sorry.. p-pero kahit na.. pwede mo namang sabihin sa kanya ng maayos na wala naman tayong kasalanan don,,"

"Hindi muna kasi nagtatanong bago pumutak.. nakakabadtrip.." patungkol ko kay Maze.

"Pero s-sana hinayaan mo na lang.. mukhang lalo tuloy syang nagalit don sa pagsagot na ginawa mo.."

"Hayaan mo sya.."

"Taguro.." tawag nya sakin na hinawakan pa ako sa braso. **"Wag ka ng sumimangot.. wag ka ng magalit okay?? May laro ka pa naman.. b-baka maapektuhan.."**

"Okay lang ako.." sagot ko at saka nagtuloy sa paglalakad.

"Tch! Mukhang okay na okay ka nga e!" habol nya na naman sakin.

Hindi ko naman sya pinansin.

"Talagang inuna mo pang tulungan yung bansot na yun kesa sakin ah!" inis na sambit nya pa habang sumasabay sakin! **"Halos muntik nakong masapak don dahil inuna mo pa syang lapitan kesa sakin!"**

"Tss.."

"Bakit naman kasi kailangang sumugod ka pa don kanina e! Pwede namang hindi ka na lang makialam!" inis pang sigaw nya sakin! Napatingin naman ako sa kanya! **"Oh?! Bakit?! Di ba?! Pwede ka namang hindi na lang mangialam don pero nakialam ka pa rin! May point naman si Maze e.. parati mo na lang isinasali ang sarili mo sa gulo kung pwede nga namang hindi na lang?! Ang takaw mo talaga sa gulo e no?! Pano kung may nangyari sayo don!?"**

"May nangyari ba?! Ni wala nga akong galos maski isa.." nakangisi pang sagot ko.

"Sige magyabang ka pa! E pano kung natsambahan ka don!?"

"E ano naman?"

"E ano naman?!" inis na tanong nya! **"Anong e ano naman!? Kung nagkataong natsambahan ka don----pano na ako?!"**

WTF??

Napahinto ako at takang napatingin sa kanya!

"Pano ka na!?" takang tanong ko. **"Tss.. anong pano ka na?!"**

"Pano na ako?! Sinong magliligtas sakin don!?"

"Tss.. kabadingan.." bulong ko pa at saka seryosong tumingin ng deretso sa mukha nya. **"Pwede ba?? Sa susunod na may mangyayaring ganon.. manahimik ka na lang sa isang tabe at wag ka ng dumada pa?!"**

"A-Ano?! Bakit ko naman gagawin yun!?"

"Dahil kapag pinagpatuloy mo yung ganyang ginagawa mo.. pati ikaw mapapahamak.." inis na sagot ko.

"Oh baket!?" tanong ko pa dahil hindi sya nakapagsalita!

"Hahahahahahahahaha!" tumawa sya ng malakas dahilan para mas magtaka ako.

"Anong nakakatawa?!"

"So nag-aalala ka sakin??" nanunuksong tanong nya. **"Gusto mong manahimik ako sa isang tabi dahil nag-aalala ka sakin at ayaw mong mapahamak ako---"**

Hindi ko sya pinansin at tinalikuran ko na sya.. nagtuloy ako sa paglalakad.

Hanep sa konklusyon..

"Hoy! Hahahahaha! Tsk tsk tsk.. Taguro.. Taguro.. Hindi ko alam na ganyan pala katindi ang pag-aalala mo sakin.." habol na naman nya. **"O sige.. dahil dyan sa sinabi mo.. pagbibigyan kita don sa ginawa mong pagpapasweet don sa bansot na yun.. Tch! May pagamot gamot pang nalalaman.. dadalin rin naman pala sa ospital.."** dinig ko pang bulong nya. **"P-Pero.. seryoso ka?? Hahahaha! Ayaw mo talaga akong masaktan kaya.. ayaw mo kong mangialam----"**

"Pwede ba!?" inis na tanong ko sa kanya dahilan para mapahinto sya.

"A-Ano na naman?!"

"Manahimik ka na lang!"

"A-Ang sungit mo!"

"Tss.. andami mong sinasabi e!"

"Hahahaha.. e sa natutuwa ako sa sinabi mo e.. pakialam mo ba?!"

"Hindi ganon yun kaya wag kang kiligin.." inis na sabi ko sa mukha nya at saka nagtuloy sa paglalakad!

"H-Hoy! A-Anong kinikilig?! Sinong kinikilig!? H-Hindi ako babae para kiligin!" habol na naman nya! **"Wag ka ng magmatigas dahil alam**

kong *'yon'* ang ibig mong sabihin.. nag-aalala ka sakin no? Hehehehe.."

"Ang ibig kong sabihin.. hindi safe yung ganong sitwasyon kaya kung ayaw mong masaktan.. manahimik ka na lang sa isang tabi.."

"Hahahaha.. hindi naman ganon yon e.. aminin mo na.. Okay lang naman sakin e.."

"Bahala kang mag-imagine.." bulong ko pa at saka nagtuloy ulit sa paglalakad.

"Tch! Kung mananahimik ako sa isang tabi.. sa tingin mo ba matitiis kong titigan ka lang na sinasaktan nila?!" inis na tanong nya.

"Nasaktan ba ako!?"

"H-Hindi.. p-pero kahit na.. pano nga kung natsambahan ka!? Tingin mo kakayanin kong tignan na masaktan ka?! Tch! Hindi pwede sakin yun oy!"

Natigilan ako sa sinabi nya at inis na napatingin sa kanya.

Hindi ako natutuwa sa sinasabi nya sa totoo lang..

Oo nag-aalala ako.. pero hindi dahil gusto ko rin sya.. Nag-aalala ako dahil hindi ko kayang panindigan sya kapag nasaktan sya ng di oras nung mga loko'ng yun..

Ano na lang ang paliwanag na ibibigay ko sa mga magulang at kamag-anak mo kung nagkatao'ng nasaktan ka don?? Tss.. hindi ka rin kasi muna nag-iisip e..

"Alam ko.. Alam ko.." mayabang na sabi nya pa. **"Alam ko nag-aalala ka.. sige sige.. para hindi ka na mag-alala sakin.. sasabay na ako sayo parati hehehehe.."**

"Ano?!" inis na tanong ko.

"Oo.. hehehe.. sasabay na ako parati sayo.. At least, sa ganong paraan.. malalaman mong safe ako.. at malalaman kong safe ka hehehe.."

"Baliw ka na.."

"Oo.. nababaliw na ako hehehe.. At ikaw ang rehab ko hehehe.."

"Tss.."

"Kumain muna tayo Taguro.."

"Busog ako.."

"Edi mas bubusugin kita.. Hehehehe.."

"Pwede bang umalis ka sa harap ko?" inis na tanong ko.

"Oh bakit na naman!?"

"Wala naman sa usapan natin 'to di ba?!"

"Ang a-alin??"

"Ang magsabay sa pagkain at ang mangulit?!"

"Ha?! Anong mangulit?! Asang ang pangungulit dito?! Lambingan ang tawag dito Taguro.."

WTF??

"At sinong nilalambing mo!? Ako?! E kung banatan kita ngayon!?" inis na tanong ko.

"Ang s-sadista mo..." kunwaring takot na sabi nya pa. **"Di ba sabi ko naman sayo.. papayagan kitang sumama kay Randall pero hahayaan mo akong iparamdam sayong may gusto ako---"**

"Narinig ko na yan.. wag mo ng ulit-ulitin.." sabi ko at iniwan sya.

"A-Ano ba! H-Hoy! Hoy Taguro! Napakaswerte mo na nga at ganito ako sayo! Yung mga babae dyan gusto'ng gustong ganitohin ko sila!"

Badtrip!

"P-Pwede bang wag kang maingay?! Kalalaki mong tao ang ingay ingay mo!"

"E kasi.. kapag ikaw ang kasama ko.. hindi ko na napipigilan ang sarili ko.. Ultimong damdamin ko hindi ko na napigilan ng dahil sayo! Lahat lahat kasalanan mo! Kaya kung ako sayo.. sumama ka na sakin kumain dahil kapag hindi.. dadalhan kita ng pagkain mismo don sa laro mo.. at kapag hindi mo kinain yun sa harap ko....."

"Ano?!" naghahamong tanong ko. Napaisip naman sya!

"Ipapakain ko yun sa r-referee!"

"Kol!"

"A-Anong kol!? Hoy! Hindi pwede! Ikaw ang dapat kumain non! Sumabay ka na sakin! Hindi ka pwedeng magutom e!"

"Bakit ba ang kulet mo!? Ganyan ka ba talaga kakulet?!"

"Hehehehehe.. sayo lang.."

"Hoy.. hindi pa rin close okay!? Kaya..." itinulak ko pa sya kunwari. **"..lumayo layo ka sakin.. dahil hindi ako natutuwa.."**

"Naks.. may pa-touch touch ka pa ah?! Anong feeling?!" nakangising tanong nya pa dahilan para taasan ko sya ng kilay! **"Sumabay ka na saking kumain.."** biglang malumanay na sabi nya. "Hindi ko na kasi yata kayang malayo ka sakin.."

WTF?! WTF are you saying!?

"Sige na.. kahit ngayon lang.. Kumain ka lang.."

"Ayoko.."

"Edi sige.. sabay tayong kakain.."

"Mas lalong ayoko.."

"Tch! Wag ka na ngang umarte!"

"Woooow.. kanina mo pa ako inaabala tapos ako pa umaarte!? Hindi makaramdam dre!?"

"Seryoso ako.. kapag nabaliw ako.. pagsisisihan mo talagang hindi ka sumabay kumain sakin---"

"Sige na tara na!" inis na sagot ko at tinahak ang daan papuntang Canteen at mabilis naman syang sumunod!

"Hahahahahaha! Anak ng.. ang tagal mong mapapayag! Ang hirap mong amuin alam mo ba yon!?"

"Kapag natapos 'tong araw na 'to at inulit mo pa 'tong ginagawa mo.. masasaktan ka na talaga sakin!" inis na sabi ko at ngingisi ngisi naman syang sumunod sakin.

Naiinis ako dahil natatakot ako sa pwedeng sabihin ng ibang tao kapag nakita kami!

Canteen.

"Oh my... why are they together?!"

"Hala.. sila ba?"

"Hindi ko alam e.."

"Norlanie... tignan mo.. magkasama si Taguro at si Deib.."

"Oo nga noh?"

"Bakit kaya!?"

"Nakooo.. huhuhu baka sila na?"

"Ha!? Pano naman mangyayari yun?! E magkaaway sila dati di ba?!"

"Malay mo naman di ba?! May mga ganyan naman e.. nag-uumpisa sa away tapos.. mauuwi sa.. a-alam mo na.. huhuhuhuh.."

"Waaaaaaa hindi ko kaya!!"

"Huhuhu ako rin.."

"Huhuhuhu at ang nakakainis pa.. bagay sila.."

"Waaaa huhuhu I agree.."

"Narinig mo yun?" bulong ni Sensui sakin habang nakapila kami sa line. **"Sabi nila.. *'bagay'* daw tayo hehehehe.."**

"Pero wala silang sinabing maniwala ka.." pang-iinis ko sa kanya.

"O-Oh?? Bakit?? May sinabi rin ba silang wag akong maniwala?! Hehehehe.."

"Umorder ka na bilisan mo.."

"Anong gusto mo? Hehehehe.."

"Kahit ano.."

"Kahit ano??"

"Kahit ano!" inis na ulit ko!

"Kahit ako!?"

WTF??

"Natameme ka na naman hehehehe.. sige na umupo ka na don.." nakangiting sabi nya na inginuso ang isang bakante'ng upuan.. Mabilis naman akong umupo don at sumandal sa upuan habang magkakrus ang dalawang braso.

"Haaaayyy they look cute together though.."

"Single naman si Maxpein.."

"Single rin ba si Deib?"

"I don't know.. I heard na may nililigawan syang maganda.."

"Maganda naman si Pein ah?"

"Oo nga.."

"Baka naman hindi sya sinagot nung isa kaya napunta sya kay Pein??"

"Ang swerte ni Pein noh Reina??"

"Oo nga Naleen.. haaayyyss.. nung una si Randall.. ngayon naman si Deib.."

"Kapag nakikita ko si Deib.. sana pala nag-BIS na lang ako.."

"Ako rin.."

"Haaaaaaayss.."

Hindi ko na lang pinakinggang pa ang sinasabi ng mga students na nasa paligid ko.. dahan dahan kong iminulat ang mga mata ko at...

Nasa harap ko na si Sensui!

Agad ko naman iniiwas ang paningin ko sa kanya pero hindi ako nagpahalatang nabigla ako..

"W-Wag mo sabing ugaliing titigan ako e.." kunwaring pang-aasar ko sa kanya.

"Sa dami kasi nung oras na pinalampas ko para titigan ka.. ngayon lang ako bumabawi hehehe.." mahinang sagot nya habang nakatingin pa rin sakin. At hindi pa nakuntento ang loko, sabay pang ipinatong ang dalawang kamay nya sa mesa at itinuon ang baba doon at mas tumitig pa sakin!

Bigla akong nailang! Dahil masyado kaming malapit at talagang nakatitig sya sakin!

Wala ba talaga syang pakelam kung sinong makakita?! Badtrip!

"At twing makikita kita.. naiintindihan ko na kung bakit hindi ko nagawang pigilan yung nararamdaman ko.." mahina munit malambing ang pagkakasabi nya. Eksakto lang talaga para marinig ko. **"Kaya ngayon magsosorry na ko.."**

"S-Saan naman?" walang interes kunwaring tanong ko.

"Ngayon pa lang magsosorry na ako.. kasi mukhang mas lalala pa ang nararamdaman ko.."

"Tss.." walang ganang singhal ko at sumubo na agad nung binila nya..

"At kapag nangyari yun.. Sa ayaw at sa gusto mo pakakasalan kita.."

"A-Ano?!" gulat na tanong ko.

"Mmm.. hehehehe.. Gagawin ko yun.. kaya kung ako sayo.. wag mo na akong susungitan.. kasi mas lalo lang kitang nagugustohan.."

"P-Pwede bang manahimik ka na?!"

"Pwede naman.. kung kakain ka na lang hehehehe.."

Peste!

Hindi na ako nagsalita pa at nagtuloy na lamang sa pagkain sa sobrang takot ko na baka may sabihin na naman sya!

Matapos naming kumain ay sinamahan nya parin ako pabalik sa room namin nila Naih, hanggang sa makarating kami sa Gym kung saan ako maglalaro.

"Dito nalang ako mauupo para tanaw na tanaw kita.." sabi ni Sensui habang ako naman ay busy kalilinga kung nasan sila Naih. **"Hihintayin kita dito hanggang sa matapos ka.."**

"Baket!?"

"Anong bakit!?"

"Bakit mo pako hihintayin??"

"Para sabay tayo ulit.."

"Oh e baket?!"

"Anong bakit na naman!?"

"Kailangan ba maya't maya magkasama tayo!?

"Kung kinakailangan ba e.. edi oo!"

WTF??

"A-Anong kinakailangan ang sinasabi mo dyan?!"

"Oh! Ang tagal mo naman!?" biglang sulpot ni Naih. **"At saka.."** napatingin pa sya saming dalawa ni Sensui. **"Bakit magkasama kayo?!"**

"Tara na.." yaya ko sa kanya. Hindi ko naman na pinansin si Sensui.

"Hoy.. galingan nyo ah.." sigaw naman ni Sensui samin at kinawayan ko na lang sya habang nakatalikod ako.

"Bakit magkasama kayo nun ha!?" taas ang kilay na tanong ni Naih.

"May nangyare mamaya ko na ikukwento---"

"Sa inyo?! May nangyare sa inyo?!"

"A-Ano ka ba! Hindi yun tulad ng iniisip mo okay!? Tungkol kila Mallyu! Engot neto.."

"Ahh akala ko.."

"Tss.."

"Parang may naamoy ako e.."

"Bagong kain ako.. adobo ulam ko.."

"Hinde! Sa inyong dalawa ni Sensui!"

"Pareho kaming ulam e.."

"Anak ng.. ano ba!"

"Mamaya na kasi pag-usapan yan.. maglalaro na tayo.."

Agad namang nagsimula ang game at swabe naman ang naging laro namin. Sa madaling salita, hindi kami nahirapan ni Naih.

OceanofPDF.com

CHAPTER 109 : INTERHIGH

RANDALL'S POV

"Excuse me Doc Randall.." dinig ko sa isang boses at nilingon ko naman agad yun. Junior student ko, bilang Senior kasi ay ginaguide ko sila sa course namin.

"Oh Sheena?" tanong ko sa kanya.

"Ahh, tapos na po kami case presentation." nakangiting bungad nya at nagtaka naman ko.

"Tapos na? E hindi pa nga ako pumupunta don?" maayos na tanong ko naman.

"Ahh kasi po si Doc Maxwell na lang po ang pinaupong panel ng Lolo niyo." parang naiilang pang sagot niya.

"T-Teka Sheena. Si Maxwell?? Maxwell del Valle?" pagkukumpirma ko pa.

"Y-Yes Doc Randall."

Bakit siya??

Nakaramdam ako ng konting inis dahil nakakainsulto sa part ko na ako dapat ang uupong panelist sa presentation ng mga Junior Med Students na 'to dahil ako ang Senior nila at sa'kin talaga sila naka-assign.

Gayunpaman ay hindi ko ipinahalata sa kanya ang pagkainis ko.

"G-Ganon ba?"

"Yes Doc kasi po ay naadjust yung time nung presentation kanina, di ba Doc dapat ay ngayong 11am kami magprepresent? E may imimeet daw po kasi siya ngayon 11am kaya pinagpresent nya na kami kanina. Kaso hindi rin naman po pala siya natuloy sa meeting ngayong 11am kasi may incident daw na nangyari sa labas ng school."

"A-Ahh yeah I know that." patungkol ko sa gulong kinasangkutan nila Pein kanikanina lang.

"Ayun po."

"Ahh nabanggit ba kung bakit si M-Maxwell ang kinuhang panelist ni Lolo?"

"Siya po kasi ang nakaduty sa E.R. kanina, nandon rin po kasi si Doc Sherwin at yung isang Resident Doctor, si Dra. Edda kaya pinull-out muna siya ng Lolo niyo at pinaupo sa panelist."

Tsh, sana ay si Edda o si Sherwin na lang ang kinuha niya, bakit si Maxwell pa?! Hindi naman na taga-SIS yun.

"G-Ganon ba."

"Opo."

"S-Sige sige kung ganon e kumusta naman daw ang result ng presentation niyo?"

"Ayun po, masaya hehehehe!" masaya ngang sabi niya at nginitian ko naman siya. **"Nakakatuwa lang po kasi nagustuhan po nilang lahat yung presentation naming, may mga flaws rin kami pero minor lang po at naicorrect rin nila kami bilang lesson hehehe. Ang bait nga po ni Doc Maxwell kasi yung mali namin ay ipinaliwanag nya ng tama kasi mali pala talaga ang pagkakaintindi namin pare-pareho nila Clarice Yvonne at Rhea Boca doon sa topic namin."**

"I see well then, congratulations."

"Thank you rin po sa inyo Doc Randall kasi talagang sinubaybayan niyo yung ginagawa namin hehehe."

Oo pero hindi ko akalaing isang taga-BIS pa ang tatapos ng trabaho ko. Tsk.

"Pinapabigay rin nga po pala ni Mary Rose ang gift na to, hehehe.."

"H-Ha? Para saan daw?"

"Kasi nga po tinulungan niyo kami hehehe, baka po kasi hindi kami makapasa sa Prelims kung hindi niyo kami tinulungan Doc."

"Parepareho tayong nagdodoctor dito kaya tulungan lang talaga Sheena, pakisabi kay Mary Rose, salamat."

"Makakarating po Doc."

"Sige." sagot ko at saka tinalikuran siya pero muli siyang humabol sa'kin.

"A-Ahh Doc."

"Mmm?"

"Narinig ko po kila Joineand at Ivy Kate na m-may laro po si Maxpein ngayon, hindi po ba kayo manonood??" nakangiti pang tanong niya at napangiti rin ako.

Matagal na kaming wala ni Maxpein pero dahil karamihan ng schoolmate namin noon ay kasama ko sa Medicine Department ngayon, pakiramdam ko

tinutukso pa rin nila kami.

I don't know, but that's how I understand it.

Parang tinutukso pa rin nila ako kay Maxpein.

Tulad na lang nung kumalat ang balita na dito sa SIS gaganapin ang unang quarter ng interhigh, naging matunog agad ang pangalan ni Maxpein, ang daming nag-abang sa pagbabalik niya. Kaya naman kahit na labanan ng mga highschools yun, pati ang mga College Students na dating batchmates, classmates and schoolmates naming pareho ay nakikinuod sa kanya don.

"Ahh hehehe, siguro manonood ako pagkatapos ko dito."

"Ahh hehehe, sige Doc. Kita na lang po tayo don kung ganon hehehe, don rin po kasi ang punta namin nila Janne Clair."

"Sige."

"Sige po Doc."

Pagkaalis nung mga Juniors ko ay saka ko inilabas ang inis ko.

Pabagsak kong binuksan ang locker ko at saka inis kong ipinagbababalik don yung mga gamit na inilalabas ko kanina bago nila ako kausapin! Ang mga yun sana ang gagamitin ko pag-upo ko bilang panelist sa presentation ng mga Juniors.

Naiinis ako.

Hindi ko nagustuhan ang ginawang yun ni Lolo.

Unang una, bakit si Maxwell? Hindi naman sa minamaliit ko siya dahil alam naman na ng lahat kung gaano siya kagaling at walang nakakatalo sa kanya maliban sa'kin, pero nakakainsulto naman yata sa part ko na siya pa yung kinuhang kapalit ko, gayong alam naman ng lahat na kaming dalawa lagi yung magkatunggali!? Tsk.

Nakakainsulto para sa'kin yung desisyong ginawa ni Lolo.

Alam kong alam niya rin kung ano kami ni Maxwell sa isa't isa at kahit wala siyang pakialam don ay sana naisip man lang niya kung anong mararamdaman ko.

And he really didn't bother to tell me?! What's wrong with you Lolo?! Tsk. Kung hindi pa sinabi nung mga Juniors ko, hindi ko pa pala malalaman?!

Naiinis ako pero alam kong walang mangyayari sa inis ko kaya naman inayos ko na rin ang pagkakabalik sa mga gamit ko at saka nagtingin ng mga texts sa cellphone ko habang naglalakad papunta sa high school campus.

Text Message Received
~ ♥ Honey ♥ ~
Hi Hon! How was the presentation?
Be good and don't skip lunch! ♥ =)
Compose Message
To: ~ ♥ Honey ♥ ~
Maglunch ka na rin. I love you.
Message Sent!

Maraming nagtext sa'kin pero yung kay Dein lang ang nakita kong importante kaya naman ibinulsa ko na agad yun matapos kong magtext at eksaktong pagharap ko sa corridor.

Makakasalubong ko si Maxwell na mukhang papunta rin high school campus. Sabay kaming napatingin sa isa't isa at napahinto. Kaya naman ako na ang unang nagsalita.

"Ikaw ang umupong panelist I heard, thanks for that." mahinang sabi ko.

"Mmm, kinuha ako ng Lolo mo, nagkaron daw ng changes sa schedule niya. Nagkataon namang available ako kanina dahil pumasok rin si Doktora Edda."

"I see." malumanay na sagot ko. **"Ano nga pala ang ginagawa mo dito sa SIS Campus?? Hindi ba't sa SISH lang ang duty mo? This is not the first time I saw you here."**

"Mmm. Player kasi ng billiards ang kapatid ko kaya pumupunta ako dito para manood, mamayang hapon pa naman ang duty ko. Ikaw? Manonood ka rin ba?" nakangiti munit mukhang seryosong tanong niya.

Yeah right.

"Mmm. I'm on my way there."

"See you there then." sabi niya na tumango pa at saka nagpaumunang maglakad.

Sumunod naman ako sa kanya munit bago pa man kami makarating sa SIS Gym ay lumiko siya at mukhang pupuntang Canteen.

Ts.. Manonood daw.

Hindi ko na siya pinansin at nagtuloy na ako sa loob ng Gym. Sa labas pa lang ay dinig na dinig ko na ang ingay sa loob, ang sigawan, hiyawan at mga tunog na nagmula sa kung anu-anong pukpok na ginagawa malamang nung mga nanoood sa loob.

Ang alam ko ay anim na school ang naglalaban sa isang laro kaya naman hindi na nakakapagtaka kung bakit ganito kaingay kahit na hindi pa man ako nakakapasok.

Pagpasok ko palang.

"Wooh!"

"Go Taguro!"

"Gooooooooo Maxpeeeeeeiiin!"

"Gooooooooo Zarnaiiiihhh!"

"Parrrrrrooooottt!"

"Let's goo BIS!!!"

"Waaaaa!!!"

"Let's gooooo Manansala High School!!!"

"Yeeeaaaahhhh! J.M. Retura for the wiiiinnn!!!"

"Kyaaahh let's goooo Reinaaaa DumRob!!!"

"Ang galing nung mga taga-BIS grabe.."

"Oo nga.. mukhang hindi mananalo sina Rodessa at Michelle sa kanila.."

"Sana manalo sina Alisa at Carly Taylor ng school natin, buti na lang at hindi sina Zarnaih at Maxpein ang kalaro nila."

Hindi ko naiwasang hindi mapangiti sa mga narinig ko mula sa mga students na nakatabi ko. Mga mukhang taga-ibang schools sila.

Wala na halos maupuan ang karamihan ng nandoon sa Gym sa sobrang puno. Andaming nakatayo hanggang dito sa may Entrance.

"Gooooo Sofhia!!! Kaya mo yaaaann!"

"Gooo! Gooo! Gooo! Jade Boro for the wiiin! Let's goooo Makati High!"

"Galingan moooo Mary Coline!!! Matatalo mo yan!"

"Em-Em!!! Good shoooott!"

"Nicole Cathe!!! Galingaaann moooo wooohhh!"

Masakit sa tenga ang sigawan ng mga supporters nung mga naglalaro sa gitna. Pababa kasi ang Gym na yun para sa billiards kaya naman kahit na nasa pinakadulo ako ay nakikita ko lahat sila.

"Ang galing ni Angel Medra ng Neico Veloria International School ano?"

"Oo nga pero mukhang mas magagaling yung mga taga-BIS! Hindi ko alam pangalan nila e, panay Parrot at Taguro kasi ang naririnig ko kanina pa."

"Ano ka ba Jhaxmiien!? Yung payat yung tinatawag nilang Zarnaih tapos yung medyo malaman, yun si Maxpein!"

"Ahh talaga? Sila ba yun!"

"Oo! Sila yung nakalaban nung magaling na taga-SIS! Yung isa talo.. yung isa panalo.."

"Grabe ang gagaling naman nila.. hindi kasi nakapaghanda yung school natin sa sports na 'to e.."

"Ang balita ko kay Kiel ay magkakaschoolmates silang tatlo noon dito sa SIS.."

"Ha!? Sino?!"

"Yang dalawang yan at yung Sam na magaling na taga-SIS.."

"Ang galing naman.."

"Nakakainggit sila no?!"

"Oo nga e.. sana ako rin.."

"Nako.. sana nga sumali si Jessa Pe e.."

"Oo nga noh.."

Hindi ko pa rin maiwasang hindi mapangiti..

Walang kupas Maxpein.

Hindi ko naiwasang maalala ang sinasabi ng mga tao noon twing mapapanood siyang magbilliards.

May igagaling pa sya.

Hindi na ako magtataka kung dadating ang panahong ako mismong pinakamagaling sa billiard hall na 'to ay mahihirapang manalo kay Pein hahaha!

Bilib ako sa'yo Maxpein, naniniwala akong hindi ka lang basta natrained gaya ng sinasabi mo, pinanganak ka na talagang may ganitong talento..

Paghusayin mo pa dahil malayo ang mararating mo.

Napakahusay mong pumili ng nobya Randall.. yan ang masarap mahalin, yung babaeng hindi ka pagbabawalan sa hilig mo, kundi sasamahan ka pa hahaha. Ikaw ba e nananalo sa kanya!?

Ang ibang lalaki ay sinusugod ng nobya sa bilyaran, samantalang etong si Randall dito ay kinakalaban pa mismo sa bilyar ng nobya niya. iba ka. bilib ako sa'yo. Maganda na ang nobya mo, talentado't mabait pa. Maipagmamalaki.

Hindi ko maiwasan ang mapangiti. Ang mapangiti habang nakatingin kay Pein.

Lahat ng sinabi nila noon ay nakikita ko na ngayon. Congratulations Maxpein.

Tuwing dadalhin ko siya sa tambayan kong bilyaran noon ay pinagpepyestahan siya, halos wala ng naglalarong iba kapag naglaro na sila ni Sam na nung una ay hirap na hirap siyang talunin.

Ang tambayan kong bilyaran ay pag-aari nila Sam. Halos araw-araw ay nandoon kami noon pero pareho pa rin kaming nakakapag-aral ng maigi. Walang araw na malungkot, walang araw na magulo, lahat masaya at masyadong perpekto para sa'ming dalawa.

Nakakamiss yung ganong ginagawa natin, yung sobrang nagkakasundo tayo sa iisang bagay.

Napapangiti parin ako sa mga naiisip ko habang nakatingin ng deretso kay Maxpein na mukhang nag-eenjoy sa ginagawa nya dahil walang humpay ang ngiti nya twing makakahulog siya ng bola.

Ganyan nga Maxpein, yan ang Maxpein na kilala ko, yung madaling tumawa.

Noon ay madalas siyang tumawa.

Simpleng biro mo, humahagikhik pa siya.

Madaling biruin at madaling pasahin. Hindi halos nagagalit at magaling umintindi. Talagang magkasundong magkasundo kami sa lahat ng bagay. Hindi kami kailanman nag-away ng tungkol sa babae kahit pa alam niyang may gusto sa'kin yung babaeng yun, hindi niya inaaway. Ang dahilan niya.

"Hindi naman naiiwasan ang nararamdaman.. kung gusto ka niya, edi gusto ka niya. Hangga't hindi ka niya ilegal na inaagaw sa'kin, wala akong dahilan para awayin siya. hehehehe!" si Maxpein.

Napakaseloso ko noon, pero dahil parati nyang ipinaparamdam sa'king wala akong dapat pagselosan, nagseselos man ako napipigilan ko rin agad. Madalas rin siyang magbigay ng tulong sa'kin noon, matalino si Maxpein at malawak ang pag-iisip niya, parang lahat na lang ng bagay may solusyon siya, lahat na lang ng tanong, may naisasagot siya. Kaya naman kapag hindi na kaya ng utak ko, humahalinhin siya.

At ang mas pinakahinangaan ko sa kanya, yung paraan nya ng pagpapalakas ng loob. Kapag hinang hina na ako at sobrang wala na akong pag-asa sa pag-aaral ko. Sasabihin niya sa'kin lahat ng bagay na pwedeng maging dahilan para magsikap ako at bumangon. Sasabihin niya sa'kin lahat ng mga bagay na nagawa ko na hindi kayang gawin ng ibang tao. Sasabihin niyang lahat ng kalakasan at abilidad na meron ako. Lahat ng maganda

sa'kin. Saka niya ako bibigyan ng inspirasyon at motibisyon para kumilos, magpatuloy at tapusin ang lahat ng nasimulan ko.

Siya yung tipo ng girlfriend na perpekto.

Pero bakit kailangang magkaganon?? Bakit kailangang maging ganito kami? Bakit pa kami nagkakilala kung hindi rin naman pala kami pwede?

Nalungkot ako sa sarili kong naisip. Aaminin kong ramdam ko pa rin ang sakit pero hindi na yon tulad ng dati. Maaaring limot ko na ang nangyari, pero hindi ko malilimutan ang sakit na idinulot nang desisyong yun na ginawa ko.

Nagsisisi ako Maxpein, pero wala na akong magawa.

Hindi tulad ngayon, titignan ka pa lang niya. mararamdaman mo ang *COLDNESS* niya.

Sobrang lamig na ng pakikisama niya.

Hindi mo na malalaman kung anu-anong laman ng isip niya.

Hindi mo na makikita ang sa mukha niya ang nararamdaman niya.

Ang totoo ay hindi ko halos sa nakilala nung una ko siyang makita nung burol ni Daddy. Hindi kasi yun ang nakilala kong Maxpein. Malayong malayo sa Maxpein na kilalang kilala ko noon at girlfriend ko noon.

Maikli ang buhok. Bagay na hindi ko akalaing magugustohan niya. Alam ko kung gaano nyang inaalagaan ang buhok niya noon kaya naman nagtaka ako nung makita ko at itsura niya.

Ang paraan ng pananamit**.** Hindi naman sa napapangitan ako sa paraan ng pananamit nya ngayon pero, hindi siya yun e, hindi siya ganon manamit. Masyadong malalaki ang suot niya at maluluwang. Parati pang gusot at mukhang marumi. Mukha pa siyang tomboy sa suot niya.

Pananalita at pag-uugali. Ngayon ay kapansin pansin ang pagiging sarkastiko niya masyado. Madalas siyang sumagot ng pabalang. Yung tipong kailangan mong maging matalino bago makapagtanong at kailangan mong maging pilosopo para masagot ang tanong mo. Hindi niya rin ugali ang mambara ng tao dahil sa pagkakakilala ko, mahaba ang pasensya niya at malumanay kung sumagot. Wala na yun ngayon.

At ang huli..

Ang mga mata niya**.** Nawala ang natural na kislap sa mga mata niya. Hindi ko na makita yung tunay na saya sa mga mata niya dahil puro lungkot at sakit ang nakikita ko. Kahit na nakangiti o tumatawa siya, hindi nawawala ang lungkot sa mga mata niya. Parang andami daming tinatagong

sakit nung mga matang yun. Bagay na hindi ko nakita maski isang beses sa kanya noon.

Bagay na alam ako ang naging dahilan. Lahat ng mga yan ay ako ang naging dahilan. Paano kita nagawang saktan? Ang pinakamamahal kong babae, ang kaisa-isang babaeng nagturo sa'kin kung panong magmahal ng totoo. Ang babaeng nagbigay sa'kin ng dahilan kung bakit hindi ko na kailangang magmahal pa ng ibang tao.

Hindi ko napigilan ang pamumuo ng luha sa mga mata ko dahilan para mapayuko ako at pasimpleng punasan yon.

Hindi patas ang mundo para sa nararamdaman ko sa'yo Maxpein. Hanggang ngayon ay hindi siya patas para sa'kin dahil meron pa rin. Nandito ka pa rin at hindi ka mawala. Hindi ka na mawawala.

Bumalik ako sa reyalidad ng bigla akong mapaatras dahil sa....

"A-Arrrraaaayy!!! Naman e!"

"M-Miss.. a-are you okay!?" tanong ko sa babae'ng natumba matapos kong subukang saluhin.

"A-Ano ba!----H-Huh?? R-Randall?"

"Miss are you okay??" tanong ko pa sa kanya na iniabot ang isang kamay ko sa kanya.

"Oh my God, Layzelle what happened! Are you okay?!"

"K-Kaycee.. k-kinakausap ako ni R-Randall.." dinig ko pang bulong niya sa kasama nya. Mabilis ko namang inilapit ang kamay ko sa kanya at inalok siyang tumayo.

"Let me help you up." usal ko at parang kinikilig namang inabot nya yun. **"I-I'm sorry.. L-Layzelle right??"**

"Y-Yes... L-Layzelle.. L-Lay for short.."

"I'm sorry I wasn't able to catch you---"

"No! No! No.. no.. hahahaha.. i-it's okay.. I'm fine.."

"Anong fine? Nakakaloka ka teh!"

"Shut up, Kaycee.." dinig ko pang bulungan nila. **"A-Ahh hahaha.. I'm okay.. thank you.."**

"O-Okay.." takang sagot ko. **"I hope you're fine.."** dagdag ko pa at saka tinalikuran sila.

"Kyaaaaaaa!!! Kinausap nya ako!"

"Letse!"

"Waaaa!!! Kaycee!! Narinig mo ba yun!? Natandaan nya ang name ko! Layzelle right?! Kyaaaa!"

"Nako Lay umayos ka nga! Nakakahiya ka!"

Muling nag-ingay ang mga nasa tabi at malapit sakin kaya naman bahagya pa akong naglakad papalapit sa may bench..

"Uyyyy Balmediano umurong urong ka nga! Huhuhu nahihiya ako baka madali ko si Deib! Natatakot ako.."

"Ano ka ba naman Dinalyn! Eto na nga yung chance mo e! Aba! Ngayon lang yan magtatagal dito sa SIS! Next week ay sa BIS na ang laro!"

"Huhuhuhu oo nga! E makakapunta pa rin naman tayo sa BIS nun ano ka ba! Sa ngayon e umurong ka dahil baka katutulak mo sakin, madali ko naman sya! Magalit pa!"

"Hehehehehe.. sorry naman.."

Sadya akong nakinig sa usapan nung dalawang babae'ng yun at bahagya akong lumingon sa harapan nila at nakita ko nga si Deib..

Si Deib na ngiting ngiti habang nanonood ng billiards..

Kailan pa sya nagkaroon ng interes sa billiards??

Bahagya akong lumapit at nakita kong malaki pa naman ang space sa tabi nya kaya naman agad akong lumapit at tumabi sa kanya.

"Paupo ah??" nakangiting bati ko sa kanya at gulat naman syang napatingin sakin! Hindi agad sya nakapagsalita.. nanatili syang nakatingin sakin.. **"B-Bakit??"** natatawa pang tanong ko dahil parang hindi okay sa kanya ang pagkakaupo ko sa tabi nya.

"A-Anong ginagawa mo dito?" parang wala sa sariling tanong nya kaya naman napailag pa ako kunwari at napasulyap kila Maxpein saka natatawang tumingin sa kanya.

"A-Anong ginagawa ko dito?? Nanonood kay Max?? Hahahaha.. Anong klaseng tanong naman yan Deib? Do you mind me sitting beside you??"

"A-Ahh.. no.. sorry.."

"H-Hehehehe.." pilit ang tawang iginanti ko na lang. At saka kami sabay na tumingin ulit kila Taguro. Si Naih ang kasalukuyang tumitira.

"Lairaaaa! Ayan na ang idol mong si Zarnaih hehehehe!"

"Ahh oo hehehe.. grabe idol ko sya.. ang bait bait pa nyan.. approachable.."

"Oo nga e.. pero Maxpein pa rin ako hehehe.."

"Sshh.. wag kang maingay.. nandyan si Randall.."

"Randall!? Nasan si Randall!?"

"Kyaaaaaaaa!!!"

"Si Randall and Deib magkatabi! Waaaaaaaaaa!!"

"Kaya pala lalong bumango ang paligid!"

"Grabeeee huhuhuhu kung ganito ng ganito na parati nating makakasamang manood ang mga gwapo hinding hindi ako mangangalay katatayo.. huhuhuh.. Ang gwapo nila grabe!"

"Kapatid nga pala ni Deib yung girlfriend ni Randall ano?!"

"Oo nga e.. hehehehe.. Grabe.. sana dito na lang sila nag-aral.. para araw-araw makikita natin si Deib."

"Oo nga.. para kahit na nasa College na si Randall.. nandyan naman si Deib.."

"Pero ang crush ko talaga ay si Tob.. ang cute cute ng smile nya at parang ang kulit ng mukha nya hehehehehe.."

"Hahahaha don naman ako kay Lee.. serious type kasi ang gusto ko at sobrang gentleman.."

"Hahahaha si Kiel ay si Kev Gonza ang gusto nyahahahaha.. bagay naman sila e.."

"Ikaw Shaira?! Kanino ka?!"

"H-Ha?! M-Maxwell ako e hehehehe.."

"Wooooowww!"

"Alam ba ni Noona'ng nandito ka?" biglang tanong ni Deib at napatingin naman agad ako sa kanya.

"A-Ahh hindi.. Pero, sa tingin ko naman, hindi ko na kailangang ipaalam pa?" nakangiti kunwari'ng sagot ko sa kanya.

"Tch.. alam mo namang ayaw na ayaw nya yung nadidikit ka kay Tagur---Maxpein.."

"You can call her Taguro.. kung don ka sanay.."

"H-Ha?"

"Nakwento na sakin ni Pein yung tungkol sa inyo kaya okay lang sakin kung tawagin mo syang Taguro---"

"Alam ko!" nakangusong sagot nya.

"Hahahaha.. okay.."

"As I was saying.. Alam mo namang ayaw ni Noona ng dumidikit ka kay Taguro.."

"Hindi nya naman malalaman e.. unless ipaalam mo?"

"Tch.. astig ka rin eh no? Ako pa talaga kinuntsaba mo!?"

Kinuntsaba!?

"H-Hindi naman sa ganon hahaha.. Besides, nanonood lang naman ako at sportsfest 'to.."

"Tch.. nung makita nya nga lang kayong magkasama sa ospital galit na galit na yun e.. ngayon pa kaya'ng wala sya sa paligid mo at ikaw naman enjoy na enjoy manood kay Taguro.."

"Wala naman kasing masama sa ginagawa ko.. nanonood lang naman ako Deib.. And besides.. hindi naman ako *'dumidikit'* kay Max.. *'nanonood'* lang ako.. wala akong nakikitang masama don.."

"Oo nga pero alam mong a-ayaw ni Noona ng lumalapit ka kay Taguro---"

"Deib.." pigil ang inis na tawag ko sa kanya! **"I am more than 50 inches away from Maxpein.. anong lumalapit ang sinasabi mo dyan? Nanonood lang ako.."** nakangiting sabi ko pa para hindi nya makita ang tinatagong inis ko.

"O-Oo nga.." parang napapahiyang sagot nya pa.

"Sabihin mo nga sakin.. ayaw mo bang panoorin ko si Max?!"

"H-Hindi naman sa ganon.. i-iniisip ko lang kasi si Noona.."

"E wala naman sya di ba?"

"O-Oo nga.."

"Tsh.. E ikaw?! Anong ginagawa mo dito? Hindi ba't kaaway mo si Maxpein?! And if I'm not mistaken.. ayaw rin ni Dein na *'dumidikit'* ka sa kanya.." hindi ko na mapigilang ilabas ang inis ko dahil ang dating sakin nung pagtatanong nya ay walang kwenta..

Hindi ko maintindihan yung point nya..

Masama ba'ng panoorin ko si Maxpein!? Hindi ako malapit sa kanya at mas lalong hindi ako lumalapit sa kanya.. Pinapanood ko lang sya at ilang metro ang layo naming dalawa..

Tsh.. Nonsense..

"O-Oo nga pero.. o-okay na kami.." napapahiya pang sagot nya.

"Narinig ko ngang okay na kayo.. actually kahit yun naikwento nya na sakin---"

"E bakit ba pinagkukwentuhan nyo ko?!"

Gulat akong napatingin sa kanya dahil sa biglang pagtataas ng tono nyang yun!

"H-Hindi naman totally pinag-uusapan.. nabanggit ka lang talaga--"

"Tch! Pwede namang si Lee na lang! B-Bakit ako pa?!"

"Bakit? Nakaaway rin ba ni Maxpein si Lee?"

"H-Hindi.."

"Exactly.. kaya ikaw ang napag-usapan namin.."

"W-Whatever.."

"Hahahaha.. you're acting weird Deib.." natatawa talagang sambit ko at nakanguso naman syang tumingin sakin.

"No I'm not.. Ikaw.. ikaw ang weird.." sarkastikong sagot nya dahilan para maitago ko sa pamamagitan ng pagngiti ang inis ko!

What the heck is wrong with him!?

"What do you mean?" natatawa pa kunwaring tanong ko para maitago ang inis na nararamdaman ko.

"Dahil nag-eeffort ka pang panoorin si Taguro.."

"So?! Ano bang masama sa panood ko sa kanya?!" hindi ko na mapigil ang inis na kanina ko pa pinipigilan.. **"You know what? I don't get you! Ayaw mo lang ba talagang manood ako o ayaw mong nandito ako?!"**

"Pwede both?!" sarkastikong sagot nya at nainis naman lalo ako.

"Why!?"

"Because I don't get you either.. nakukuha mong panoorin ang ex mo pero akong kapatid ng *'girlfriend'* mo ay hindi mo man lang magawang panoorin!"

"Tsh! Is that really it!? Hindi ko alam na obligado pala akong manood ng game mo?!"

"Yes.. yun e kung.. *'interesado'* kang panoorin ako.." sarkastiko pa ring sagot nya.

"Then ang hindi ko panonood sayo ay nangangahulugang hindi ako interesado sayo? Habang ang panonood ko ngayon ay pagkakaron ko ng interes kay Maxpein ganon ba?! Anong klaseng pag-iisip ba meron ka?!"

"Bakit?! Hindi ba?! O e ano pa nga ba ang dahilan mo kung bakit dikit ka pa rin ng dikit kay Taguro e wala naman na kayo?!"

"E ano rin bang pakialam mo?! Hindi ba't kaaway ka lang rin ni Maxpein?!" inis na tanong ko at hindi naman sya nakasagot agad. **"Pwede bang wag kang umastang mas magkasundo kayo kesa saming dalawa?! Because I know her more than you do!"**

"Tch.. I may not know everything about her like you do.. but at least I didn't hurt her the way you do!"

"Deib!" inis na tawag ko sa kanya at natahimik naman sya! **"Ano bang alam mo!? Ha!? And why the hell do you act this way?! Do you have problems with me!?"** inis na tanong ko at natahimik naman sya! **"We are very much different so don't dare compare yourself to me.. Ex-boyfriend ako.. at former enemy ka.. Magkaiba'ng magkaiba ang papel natin sa buhay nya.."**

"Hindi ko naman nakakalimutan yun e.. Magkaiba nga tayo.. dahil ako, sinaktan ko sya.. *'pisikal'*.. nawalala at gumagaling.. Yung sayo, *'emosyonal'*.. hindi na nawawala.. hindi pa gumagaling.."

"Sabihin mo nga sakin.. Anong dahilan mo para magkaganito?!" inis talagang tanong ko. **"At sa *'edad'* mong yan.. anong alam mo!?"**

"Edad?? Tch.. anong kinalaman naman ng edad ko sa usapang 'to?"

"Ano ring kinalaman ng pagkakaupo ko dito sa pag-asta mo ng ganyan sakin!? May kasalanan ba kong nagawa sayo!?"

"May dahilan nga ba para maging ganito ang treatment ko sayo Randall?!"

"Kung si Dein ang iniisip mo.. don't worry, sasabihin ko sa kanyang *'pinanood'* ko si Maxpein sa mismong tabi mo.. kung talagang nag-aalala kang baka magselos o masaktan sya.. sige.. lahat ikwento mo na.. kung yan ang makakapagpatahimik ng bata mong isip!"

Hindi sya nakasagot!

Napalingon pa ako sa mga nasa paligid namin pero dahil nga walang masyadong dikit na dikit samin ay abala ang halos lahat sa kapapanood kila Maxpein habang halos magsigawan na kami ni Deib dito!

Badtrip! Bakit ba pakiramdam ko ay hindi si Dein ang dahilan kung bakit nya sinasabi ang lahat ng 'to.. Sana nagkakamali lang ako Deib.. sana nagkakamali lang ako..

"You're just guilty.." mahinang sabi nya pa at nagtaka naman ako.

"Guilty?? Guilty with what!?" pigil ang inis na tanong ko at tumingin lang sya sakin na ngumisi pa saka tumingin ulit kila Maxpein! **"Pwede bang deretsohin mo ko?! May galit ka ba sakin? May nagawa ba akong mali sayo ha?!"** inis na tanong ko kahit hindi sya nakatingin sakin! Pero hindi nya ako nilingon!

Nagtataka ako sa iniaasta ni Deib dahil hindi naman sya ganito sakin!

Hindi sya kailanman naging ganito kasarkastiko sakin!

Ramdam kong inis at galit sya sa paraan ng pananalita at pambabara nya sakin!

Pero wala akong maisip na dahilan!

Wala akong maalalang pangyayaring pwedeng maging dahilan para ganitohin nya ako ngayon!

Gayunpaman ay hindi ako kinakabahang baka kung anu-anong sabihin nya sa Ate nya dahil sa tagal naming magkakilala.. hindi nya ugaling magsumbong at mag-imbento ng kwento.. Tiwala pa rin akong hindi makakarating kay Dein 'tong napag-usapan namin at ang ginawa kong panood kay Maxpein ngayon.

Pero hindi maalis ang inis sa sistema ko! Nababadtrip ako at gusto kong sagotin nya ang lahat ng tanong ko ngayon!

Hindi pa rin sya sumasagot at nananatili syang nanonood.. Kahit salubong ang dalawang kilay nya ay may makikita ka pa ring kakaiba.. Talagang tinignan ko ang bawat emosyon at reaksyong nagpapapalit-palit sa mukha nya at saka ako titingin rin kay Maxpein..

Tama ba 'tong nakikita ko??

Hindi ko maiwasang mag-isip dahil hindi normal kay Deib ang nakikita ko sa kanya ngayon.. Hindi ko pa nakitang ganito kakinang ang mga mata nya! Na kahit salubong ang kilay nya ay mababasa mo ang saya sa mga mata nya.. Kahit mukhang nanggigigil ang panga nya, bakas pa rin ang ngiti at tuwa sa labi nya..

May gusto ba sya kay Maxpein?!

Natulala ako sa sarili kong naisip! Hindi ko naiwasang mapatitig talaga kay Deib habang hindi makapaniwala tanong na yun na sumulpot bigla sa isip ko!

Hanggang sa hindi ko namalayang salubong ang kilay nyang nilingon rin ako!

"What are you looking at?!" inis na tanong nya.

"W-Why are you smiling like that??" hindi ko napigilan ang sarili kong magtanong habang nagtataka.

"W-What!?"

"The way you smile.. its different.."

"Tch! Nababaliw ka na ba!?" inis na tanong nya pero hindi ko sya sinagot!

Napatitig ako sa mga mata nya habang nakatingin sakin at saka tumingin kay Maxpein.. saglit pa akong tumitig sa kanya at nung maramdaman kong tumingin na rin si Deib sa kanya ay saka ko ibinalik kay Deib ang paningin ko..

Iba ang paraan ng pagtingin mo sakin at kay Maxpein.. Lalaki rin ako Deib kaya hinding hindi mo ko maloloko.. Kung sa tingin mo makakapagtago ka sakin.. nagkakamali ka dahil mas bihasa ako dito kaysa sayo..

DEIB'S POV

"Do you like her??"

Hindi ko napigilan ang sarili kong mapalingon kay Randall sa biglaang tanong nya'ng yun!

"A-Ano!?" gulat kunwaring tanong ko.

"I'm asking you if you like her!?"

"W-Who!?"

"Si Maxpein! Sino pa ba!?"

"T-Tch! Bakit mo naman naitanong yan!?"

"Kasi wala akong makitang dahilan para magkaganyan ka dahil lang sa pinanood ko sya.." sarkastikong sagot nya. **"Its okay if you like her.. She's not mine anyway.."**

Sasabihin ko ba sa kanya?!

Bakit ko sasabihin!? Sino ba sya?! Tch! Ex sya ni Taguro! Bakit ko sasabihin sa kanya!? At saka isa pa.. mas maige ng si Taguro na lang muna ang nakakaalam.. baka mangialam pa sya e..

"W-Wala.."

"Tsh.. coward.." bulong nya.

"What?!" inis na tanong ko!

"Tsh! Why are you acting like this then!?"

"A-Acting what!?"

"Jealous!?"

"J-J-Jealous of what!?"

"Come on Deib.. I'm also a guy.. kaya hindi mo maitatanggi sakin yung mga ganyang acts.."

"Who cares if you're also a guy?!"

"You're nonsense.."

"Ha! And what makes you think that you make sense?!"

"E-Enough Deib!"

"Look pare eto lang naman yan e.. Alam mo namang ayaw ni Noona sa mga bagay na ginagawa mo na may kinalaman kay Taguro---bakit ginagawa mo parin!? Nandyan man o wala si Noona.. dapat alam mong

hindi ka na dapat dumidikit pa kay Taguro dahil masasaktan mo lang sya kapag nakarating pa yun sa kanya!"

"Hindi naman ako dumidikit di ba?! Nanonood nga lang ako! How many times do I have to tell you?! Ganyan ka ba talaga kahina!?"

Ayos ah?!

"G-ganon parin yun! Dumikit ka man o hindi! Yung simpleng pagpunta mo lang dito... hindi nya na magugustohan yun!"

"Unless ipaalam mo.."

Hindi ako nakasagot!

"Sa pagkakakilala ko sayo Deib.. hindi mo ugali ang makialam sa aming dalawa ni Dein kaya naman ganito nalang ang pagtataka ko ngayon dahil soooobra sobra naman yata ang pag-aalala mo sa kapatid mo??" pilit ang ngiting tanong nya. **"Ayoko nang pahabain 'to kaya naman mauuna na ako.. mukhang hindi ka na makatagal na makasama akong manood e.."** ngingisi ngisi pang dagdag nya. **"Pero sana nga ay nagkakamali lang ako sa naiisip kong dahilan kung bakit ka nagkakaganyan.. dahil paniguradong hindi rin magugustohan ng kapatid mo yan.."** makahulugang sabi nya pa at saka tumayo. **"Enjoy watching.."** seryosong dagdag nya at saka naglakad papaalis.

Demmit!

"Waaaa Swelen! Sayang umalis na si Randall!"

"Oo nga Majh! Pero ayos lang hehehehehe.. nandyan pa naman si Deib e.."

"Kyaaaaaa! Ang gwapo nya!"

"Oo nga.. kaso kakaiba yung titig nya kay Maxpein ah?"

"Hala.. Swelen di ba magkasama sila sa Canteen kanina!?"

"Oo Majh at mukhang masaya pa silang magkasama! Lalo na si Deib!"

Ako?! Tch! Bakit ako lang ang mas masaya?! Hindi ba pwedeng kaming dalawa!? Tsk! Kainis!

Hindi ko nagustohan yung mga huling sinabi ni Randall..

May balak ba syang sabihin kay Noona yung napansin nya sakin!? Tch! Ako pa talaga ang duwag ah?! Anong tawag nya sa sarili nya!? Matapang?! Dahil nagawa nyang isakripisyo si Taguro masunod lang yung mga magulang nya!? Walang kwenta! Sya ang duwag! Dahil hindi nya nagawang ipaglaban si Taguro, lalong lalo na yung nararamdaman nya!

Ang lakas ng loob nyang tawagin ako ng duwag! O sige.. sabihin na nating duwag ako, kung yun ang tawag nya sa ginagawa ko ngayon.. Pero ngayon lang 'to.. dahil hindi pa maayos ang lahat.. At alam kong ayaw rin ni Taguro'ng ipaalam ko sa lahat ang nararamdaman ko.. Para sakin ay hindi ako duwag.. mas pinili ko lang talagang irespeto ang mga desisyon at mas makakabuti kay Taguro.. Alam kong mas makakabuting wag na munang malaman ng lahat kung ano man yung nararamdaman ko sa kanya..

Ibinalik ko na lang kay Taguro ang paningin ko pero..

"Waaaaaaaaaaaa!"

"Kyaaaaaaaaaa!"

"Panalooooooooo!"

"I knew it!"

"Let's goooo BIS!"

"Goooo Taguroooo!"

"Gooo Parroooott!"

PANALO SILA TAGURO AT PARROT!

Nagtayuan..

Naghiyawan..

Nagsigawan..

Nagpalakpakan..

Naghampasan..

Lahat ng yan ay ginagawa ng halos lahat ng nandon matapos manalo nina Taguro at Parrot sa dalawa pang kalaban nila.. Anim na schools ang naglalaro kada game ng billiards pero panay pangalan lang nila Taguro at Parrot or BIS ang naririnig ko.. Marining ko man yung cheers sa ibang schools.. hindi pa rin sing dalas at sing lakas kapag sila na ang chinicheer.

Nakangiti akong tumayo nung makita kong papuntahin sa gitna sila Taguro..

Nakangiti sya habang kausap si Naih.. si Naih naman ay panay ang tawa habang lilinga linga sa paligid nya..

Ang weird pero pakiramdam ko nanalo sya dahil sakin hehehehehe..

"Huhuhuhu Lera.. look at Deib.. nakatingin sya kay Taguro.."

"Oh my Jane Agna.. He really is.. huhuhu.. ano bang meron sa kanila?!"

"May gusto kaya sya kay Taguro??"

"Wag naman sana huhuhuhu.."

Inis kong nilingon sila at natinag naman sila at umalis!

"Wag naman sana?! Tch!? Ako nga sinubukan kong pigilan.. hindi ko nagawa e.. Kayo pa kaya!? Tch.." inis na bulong ko at saka muling tumingin kila Taguro.

Para akong hinahabol ng mga puso hehehehehehehehe..

Kinausap sila ng referee at nung announcer. Si Taguro ay nananatiling nakatingin sa announcer habang si Parrot naman ay panay ang kaway sa mga students na panay pa rin ang sigaw sa pangalan nila.

Inilinga ko ang paningin ko bakasakaling makita ko sina Tob at Lee pero bigo ako.. hindi ko sila makita..

Kaya naman..

"Deib.."

"K-Kim.." naiusal ko.

Tumingin pa muna sya kina Taguro at Parrot bago pilit ang ngiting tumingin sakin.

Pagkatapos nung lalaki mo.. ikaw naman?? Tch!

"I didn't know you like watching billiards?" sarkastiko pang tanong nya. Hindi ko alam kung bakit kinabhaan naman ako.

"A-Ahh.. h-hindi naman.. I just wanna support our school.." pagsisinungaling ko.

"Oh.. is that so??"

"M-Mmm.."

"But I don't see you watching Volleyball.. Baseball.. Football.. Tennis.. Badminton.. may school representatives rin tayo sa mga sports na yun right?"

Ramdam ko ang pagiging sarkastiko ni Kim sakin at alam ko rin ang ibig nyang sabihin..

"Mas malapit kasi itong Gym sa Basketball Court ng SIS.. as you can see.. magkatabi lang sila.. k-kaya mas madali saking panoorin 'to.." pagpapalusot ko.

"I see.. pero katapat lang ng Basketball Court ang Volleyball Court, Deib.. at ang katabi ng Volleyball Court ay ang Badminton Court na kaharap naman ng Tennis Court.. Hahahaha.. weird.." sarkastiko pa syang tumawa habang nakatingin pa sa ere ang paningin nya.

Ano bang nangyayari sa kanya?! Nagseselos ba sya o hinuhuli nya lang talaga ako!?

"Masyadong maliit ang SIS compared to BIS pero.. parang nahihirapan kang puntahan at *'suportahan'* ang ibang sports.. kaya ba Billiards na lang ang sinuportahan mo??"

"Kim.."

"You were never interested in Billiards that's why I'm wondering.. Billiards ba talaga ang sinusuportahan mo?? O yung *'naglalaro'* ng billiards?!" biglang parang galit pang tanong nya!

TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!

"K-Kim.." usal ko ng pangalan nya at saka mahinahong hinila sya papalabas ng Gym na yun.

"What!?" galit na tanong nya. Napalingon naman muna ako sa paligid at wala namang tao'ng malapit samin na pwedeng makarinig kaya ayos lang. **"Why can't you answer me?! Huh!? Billiards ba talaga ang sinusuportahan mo o yung----"**

"Kim!" pigil ko sa kanya! **"Ano ba?"**

"Anong *'ano ba'*?! Tinatanong kita---bakit hindi ka makasagot!?"

"Sinabi ko na nga e.. nandito ako para suportahan yung school natin.. sila ang representatives ng school natin kaya malamang.. sila ang panonoorin ko.."

"Sila!? O *'sya'*?!"

"S-Sinong *'sya'*?"

"Sino pa?! Edi si Taguro!"

"K-Kim.."

"You're damn obvious Deib.. and don't you dare lie to me dahil babae ako at isang kutob ko.. 80 percent don.. sigurado ako!" sigaw nya pa! **"Bakit hindi mo pa amining si Taguro ang pinapanood mo e obvious na obvious naman?!"**

"K-Kim---"

"Stop calling me! Why don't you just give me an answer instead of repeating my name!" galit na sigaw nya pa! **"Huling huli ka na... nagsisinungaling ka pa! Bakit hindi mo na lang kasi amining si Taguro ang pinapanood mo!?"**

"....."

"Nasan na yung Deib na galit na galit kapag nakikita si Taguro!? Bumaliktad na ba ang mundo ngayon at ikaw pa yata ang kusang pumupunta sa kanya?!"

Hindi ako nakapagsalita..

Para akong napapahiya sa mga sinasabi nya kahit na kami lang naman ang nakakarinig..

Galit si Kim pero..

H-Hindi ko maintindihan kung bakit kailangan nyang magalit ng ganito sakin..

"I can't believe it.. I can't believe that you're actually in there.. sitting.. looking.. and *'smiling'* while watching her play! Baka nakakalimutan mo kung bakit sya naglalaro dyan ngayon Deib?! Isinali mo sya dahil sa kagustuhan mong inisin at badtripin sya tapos ngayon mukhang tuwang tuwa ka pa habang pinapanood sya?! What's wrong with you!?"

"A-Ano bang masama don, Kim? H-Hindi ko maitindihan.." malumanay na tanong ko.

"A-Ahh---Anong masama?! Bakit ka nanonood don!?"

I think I know now why Randall gets mad.. naiintindihan ko na sya..

Bumuntong-hininga ako at saka pilit na pinakalma ang sarili ko para maging malumanay ang pakikipag-usap ko sa kanya.

"B-Bakit ba nagagalit ka??" mahinahong tanong ko at pinandilatan nya naman ako ng mata.

"Oh Honeylett.. look.. Magkausap si Kim at Deib.. ibig sabihin.. wala lang yung sa kanila kanina ni Taguro.."

"Siguro nga Arzel.."

"Pero parang... mas okay silang tignan ni Taguro? Hahahahahaha.. di ba Evangeline?"

"Shhh wag kang maingay baka marinig tayo.."

"You're crazy Deib.."

"H-Ha?? W-What??" gulat na tanong ko.

"At talagang napapangiti ka pa nung marinig mong sabihin nilang bagay kayong dalawa?!"

"H-Hindi ah----"

"Anong hindi!? N-Nakita kita.. A-Anong nangyari Deib??" hindi makapaniwalang tanong nya.

Hindi ko rin alam Kim..

"Dati rati.. n-nagagalit ka kapag nakikita mo sya.. Dati rati ayaw na ayaw mong sinasaktan nya ako.. Ikaw pa ang nagpapasimuno sa mga kalokohang nangyayari sa kanya----pero bakit?! What happened?! All of a sudden naging ganito!?"

"A-Ano bang sinasabi mo Kim? I don't understand you---"

"You don't understand me!? Deib.. hindi ako bulag! Nakikita ko yung way mo ng pagtingin kay Max at ibang iba sya sa paraan ng pagtingin mo sa kanya noon!"

"Ano bang paraan yung nakikita mo ngayon!?"

Iiling iling sya habang nakahawak pa sa noo nya at parang hindi makapaniwala sa mga sinasabi ko..

"Hindi ikaw 'to e.." mahina pang sabi nya sa mukha ko. **"Hindi ikaw 'to.. Hindi ito yung Deib na nakilala ko.. M-May mali e.. may mali! H-Hindi ka kasi ganyan noon.. Bakit n-ngayon.. parang ikaw pa yung lumalapit sa kanya?!"**

"K-Kim.. hindi kita maintin----"

"Nakita ko kayo sa Canteen Deib!"

Nagulat ako sa sinabi nya pero hindi ko maintindihan kung bakit pakiramdam ko ay wala akong pakialam..

Naririnig ko sya pero pakiramdam ko walang saysay yung mga sinasabi nya..

Nagreregister sa utak ko lahat ng sinasabi nya pero parang kailangan ko ring burahin lahat dahil hindi naman yun kailangan ng utak ko..

Sa tingin ko kailangan nya ng malaman yung totoo..

Alam ko naman ang tinutukoy ni Kim.. Alam ko ang ibig nyang sabihin at naiintindihan ko sya..

Its just that I don't really care..

At gusto kong sa kanya mismo manggaling.. Ask me seriously.. I'll tell you the truth Kim..

Tumingin ako ng deretso sa mga mata nya at unti-unting nawala ang kunot sa noo at simangot sa mukha nya..

"Bakit ba nagagalit ka?" malumanay na tanong ko pa. Wala akong pakialam sa mga taong nakatingin samin na isa-isang lumalabas ng Gym. **"Hindi kita maintindihan Kim.."**

"Hindi mo ko maintindihan?! O ayaw mo akong intindihin?! Andami ko ng sinabi----wala kang naintindihan maski isa?! Paulit-ulit ka ng sabing wala kang maintindihan pero ang totoo.. nagpapalusot ka lang! Ikaw ang hindi ko maintindihan Deib.. ano 'to?? Ano 'tong pinapakita mo sakin?! Bakit kailangan mo kong ganitohin?!" parang nagmamakaawang tanong nya na humawak pa sa braso ko kaya naman nagtaka ako.

"A-Anong ganitohin? Inaano ba kita?"

"Eto.. I-I'm jealous Deib.. You're making me jealous.." parang iiyak ng usal nya pa. **"H-Hindi ikaw 'to.. I mean.. hindi ko inaasahan yung mga pagsasama nyo ni Max na nakikita ko.. kanina sa Canteen, I saw you.. I was looking for you the whole morning but then when I saw you.. sya pa ang kasama mo?? Kayong dalawa.. alone?! Deib.."**

"K-Kim.. C-Canteen yun.. maraming tao don.." pigil ang inis na sagot ko.

"Yes I know! But the fact that only the two of you sits in one table---iba e!"

"Anong iba don?"

"Hindi kayo ganon.."

"Hindi ba kami pwedeng magkaganon ngayon?"

"D-Deib.."

"Kim.. I don't understand you.. The reason why I kept on saying that I don't understand you.. dahil wala akong makitang dahilan para sabihin mo lahat sakin yan.. Why are you doing this?? Why are you acting like this??"

"Deib.."

Hindi muna ako nagsalita..

Hindi ko pa rin maintindihan kung bakit meron akong nararamdamang konting kirot sa puso ko twing maaalala ko yung ginawa nya sakin.. Parang masakit pa rin para saking isumbat sa kanya yung mga ginawa nya sakin..

Nalilito na ko..

Wala sa sariling napalingon muna ako sa quadrangle para maitago ang namuong luha sa mata ko.. pasimple ko pa 'tong pinunasan bago muling humarap sa kanya.

"Kim.. you're not my girlfriend.."

"D-Deib.. P-Pero---"

"That's why I don't understand why you continue doing this?"

"Because I'm jealous.. and commitment isn't needed for me to feel that.."

"I'm not questioning your feelings Kim.. I'm questioning what you're doing.. if you're jealous then you are jealous.."

"So? You're telling me that you don't care?! That you don't care about how I feel!?"

"Yes.." mabilis na sagot ko at natigilan naman sya. **"Kung nagseselos ka, okay.. nagseselos ka.. But don't make me feel na kailangan kong gumawa ng paraan para mahinto yan.. wag kang umarte na parang kailangan kong itigil ang ginagawa ko para mawala yan!"**

"Deib! Pano mo nasasabi yan!?"

"Dahil hindi kita maintindihan!" inis na ring sagot ko. **"Kung nagseselos ka sa ginagawa ko sa kanya edi ikaw ang umiwas at wag mo na lang kaming tignan! Wag kang umasta na parang mali ang ginagawa ko sa kanya.. dahil *'yun'* ang gusto kong gawin!"**

"W-What do you mean?!"

"Na wala kang kahit na anong karapatan para pigilan ako sa kung ano mang ginagawa ko at gusto kong gawin.." sa wakas ay nasambit ko..

Pakiramdam ko ay nakahinga ako ng maluwang matapos kong sabihin ng deretso sa kanya ang tunay na nararamdaman kong yun. Kunwaring namamanghang napatingin sya sakin at bakas na bakas sa mukha nya ang hindi makapaniwala..

"You gotta be kidding me.." mahinang usal nya pa.

"I'm not, Kim.."

"So l-lahat ng ginagawa mo ay gusto mo??"

"Of course.."

"Do you like h-her??" nanginginig ang boses na tanong nya.

d-.-b

Hindi agad ako sumagot..

Tinitigan ko sya.. at saka ako nag-isip..

I don't wanna hurt you Kim.. But I want you to stop doing what you're doing to me..

"I am asking you Deib.. Do you like her!?"

"Sino?" malumanay pa rin tanong ko.

"What the hell?!" galit na tanong nya. **"Si Max! May gusto ka ba sa kanya!? Do you like her----"**

"Yes.." deretsong sagot ko.

At lalong hindi sya makapaniwala..

Bumagsak ang mga balikat nya at kitang kita ko ang pangingilid ng mga luha nya..

"Hell no.." mahinang bulong nya pa. **"This can't be real.. you're kidding right?"**

"I a-am not.."

"D-Deib.." parang nagmamakaawang sambit nya pa ng pangalan ko, hindi naman ako makatingin ng deretso sa kanya. **"Hindi totoo yan.. maniwala ka sakin.. h-hindi totoo yang nararamdaman mo.. D-Deib.. eto na ako.. I'm here already.. I am back.. Ako na ulit yung dating Kim.. yung dating Kim na mahal mo.. yung Kim na sinasabi mong nakapagpabago sayo.. Deib please.. d-don't do this to me.."**

"Kim.."

"T-Trust me Deib.. h-hindi totoo yan.. nagkakamali ka lang.. hindi yan totoo.. maniwala ka sakin.. Naramdaman ko na rin yan at sigurado akong hindi yan toto.. nagkakamali ka---"

"Enough!" mahinang sigaw ko sa kanya dahilan para matigilan sya at nanlalaki ang mga matang nakatingin sa mga mata ko habang nakanganga pa at saka bumuntong-hininga. **"Kim.. hindi mo kailanman nalaman kung ano ang laman ng puso't isip ko kaya hindi mo rin malalaman ngayon kung ano ba talaga ang tunay na nararamdaman ko.."**

Hindi sya nakapagsalita..

Pilit kong kinalma ang sarili ko dahil kahit na nagagalit ako sa kanya at sa ginagawa nya. Hindi ko pa rin kayang saktan sya ng sobra.

"Oo tama ka.. lahat ng sinabi mo ay ako.. ako nga lahat yun.. Pero kasi.." sinikap kong wag pumatak ang mga nangingilid ko ng mga luha. **"...n-nagbago kasi lahat lahat n-nung nasaktan ako??"** napapalunok pang kunwaring tanong ko. **"H-Hindi na ako yung Deib na kilala mong h-humahabol habol sayo.. Hindi na ako yung Deib na nakilala mo.. Hindi na ako yon Kim.."**

Para syang matutumba kaya naman mabilis akong lumapit para alalayan sya..

"K-Kim.." usal ko habang nakahawak pa sa bewang nya. **"A-Are you okay??"**

"G-Get.. off.. me.. I said get off me!!!!" sigaw nya na kumawala sa hawak ko. Dahan dahan syang pinakawalan munit nananatili akong nakaalalay sa kanya dahil baka tumumba sya bigla. Para syang nahihilo na hindi ko maintindihan.. "**Tell me you're lying.."**

"K-Kim.."

"I said tell me that you're lying!"

"I am n-not.." nag-aalalang sagot ko at hindi makapaniwalang tumingin naman sya sakin!

"W-What??" hindi pa rin makapaniwalang tanong nya.

"Kim.. I like her.." usal ko at dahan dahan ng tumulo ang mga luha nya.

Para na naman syang tutumba kaya naman mabilis akong inabot ulit sya at inalalayan!

"K-Kim!" tawag ko sa kanya dahil parang tuluyan na syang nahilo pero nawala ang kaba ko nung makita kong tuloy tuloy ang naging daloy ng luha sa mga pisngi nya.

"W-Why are you doing this to me Deib?"

"Kim..."

"Why are you doing this to m-me??" humahagulgol na tanong nya.

"I-I'm doing this for myself.. not for you.." usal ko at napatingin na naman sya sa mga mata ko.

"S-Sabi mo.. S-Sabi mo sakin h-hindi mo sya magugustohan.. D-Deib please tell me you're lying.. this can't be happening.. p-please??"

"This is the truth.. the reality.."

"P-Pero... A-Akala ko ba.. hindi mo sya magugustohan Deib??"

"A-Akala ko rin e.." hindi rin makapaniwalang sagot ko habang nakatingin sa mga mata nya.

Hindi na nagsalita sa Kim matapos kong sabihin yun.. Tumutulo ang luha sa mga pisngi nya pero seryoso na ang mukha nya.. Salubong ang kilay nya munit walang galit ang mga mata nya..

Dahan dahan syang umayos ng pagkakatayo at dahan dahang inalis ang mga kamay ko sa pagkakahawak sa kanya..

"K-Kim.. I-I'm sorry.."

"N-No..." nanginginig pa rin ang boses na usal nya. **"N-No Deib... No..."**

"Kim.."

"I don't b-believe you.. I don't believe you.."

"Kim.." usal ko na hinawakan pa sya sa braso.

"Don't touch me.."

"Kim.."

"I said.. do.. not.. touch.. me.." sabi nya at saka malumanay na inalis ang kamay ko.

"Anong nangyayari??"

Sabay kaming napalingon ni Kim sa pinanggalingan ng boses na yun at...

Taguro..

Nakita namin ang mga tao'ng hindi namin pareho namalayang nandoon na pala at pinapanood kami.. Halos lahat sila ay nakatingin samin at nasa

gitna ng mga taong yun ay si Taguro..

Nandon rin sina Parrot.. Lee.. at Tob..

Nakikita ko silang lahat pero nanatili kay Taguro ang paningin ko..

Blangko ang mukha nya habang deretsong nakatingin samin..

"W-What's going on Deib?? Kim??" si Lee.

"....." magsasalita na sana ako munit nahagip sa gilid ng paningin ko si Kim na mabilis na tinalikuran ako.. Saglit ko pa syang pinanood lumayo at saka ko ibinaling ang paningin ko kay Taguro..

"Narinig mo ba kung anong pinag-usapan nila, Honeylett?"

"Hindi e.."

"Ano kaya yun noh Charisse?!"

"Hindi ko alam e.. pero parang nag-away sila di ba Emz??"

"Oo nga e.."

"Weird.."

Dinig na dinig ko ang bulungan nung mga nag-aalisan..

Naiwan sa harap ko sina Lee, Tob, Parrot at Taguro..

Wala sa sariling lumapit ako sa kanila.

"What happened Deib??" asked Lee. I didn't answer him.

Tuminingin naman ako kay Tob at parang nagkaintindihan kaming dalawa sa tingin na yun..

"A-Ahh.. hahaha.. Tara na.. kain na tayo.. nagugutom na ako.. May laro pa sila Max.. may l-laro rin tayo.." pagpapalusot ni Tob.

Alam kong ayaw rin ni Tob na iparating agad kay Lee ang nangyayari dahil alam kong kahit naman ganon ang nangyari saming dalawa ni Kim ay ayaw nya paring masaktan ko ang pinsan nya..

"S-Sasabay ka ba saming kumain?" tanong ko kay Taguro na mabilis namang lumingon kay Naih.

"K-Kung ililibre mo ba naman kami e.. b-bakit hindi di ba?" nakangusong tanong pa ni Parrot kay Taguro.

"Sige.." nakangiting sagot ko.

"Yun oh---"

"Busog pa ko.." sagot ni Taguro habang nakatingin sakin.

Galit ka ba??

"Badtrip naman oh.. kung kelan naman libre---Max naman.. wag umarte please?" si Parrot.

"Sumabay ka sa kanila kung gusto mo.. busog pa ko.." sagot ni Taguro sa kanya at saka tumalikod pero hinabol ko sya.

"Sumabay ka na samin.." mahinang sabi ko sa kanya. Tumingin naman sya sa mga mata ko.

Hindi ko magawang ngumiti.. Hindi ko magawang magbiro..

Pakiramdam ko ay hinang hina ako..

Masyadong akong napagod sa confrontation namin ni Kim at halos lahat ng lakas ng loob na hinugot ko ay kinailangan ng lakas ko kaya naman pakiramdam ko ay hinang hina ako ngayon..

Taguro please.. I need you beside me.. right now..

Nagtitigan kami at pakiramdam ko ay naintindihan nya ang lahat ng sinasabi ko..

"Okay ka lang?" mahinang tanong nya.

Umiling naman ako.

Hindi ako okay..

"Tss.. sa dami nung pinakain mo sakin kanina.. pano pa ako makakain?" biglang tanong nya.

Hindi ko napigilan ang mapangiti..

At wala akong pakialam kahit sino pang makakita ng mga ngiting yun..

Pakiramdam ko ay nabura lahat ng pagod ko sa birong yun ni Taguro.. Kung hindi man sya nagbibiro.. masaya pa rin ako na ganon ang sinabi nya..

"Hala sya.." dinig kong bulong pa ni Parrot.

"Sige na.. sumabay ka na samin.. para gumanda ang laro ko.." bulong ko kay Taguro.

"Ayoko---"

"Wag ka ng tumanggi.."

"Bakit ba nangengelam ka?"

"May hindi ba kami nalalaman tungkol sa inyong dalawa ha?!" biglang singit ni Parrot sa pagitan namin dahilan para mapatingin kaming dalawa sa kanya.

"Marami.." nakangiting sagot ko sa kanya.

"Ay syaaa.." nakanganga pang sagot nya sakin at saka takang tumingin kay Taguro. "**Nagdadrugs kayo ng sabay noh!?"** tanong nya kay Taguro.

"Ano!?" takang tanong ni Taguro sa kanya.

"Hala sya.. tsk tsk tsk.. Tara tara.. tumatakbo ang oras!" sigaw nya na nauna pa sa paglalakad. **"Grabe.. nalingat lang ako sandali andami ko ng hindi alam?!"** parang galit pang sabi nya na nilingon pa kami. **"Bilis! Move!"** sigaw nya pa at saka dumeretso sa paglakad.

Iiling iling namang sumunod si Taguro sa kanya.

Kaya paglingon ko kina Lee at Tob.

"Tara.. my treat.." nakangiting sagot ko at saka mabilis na naglakad pasunod kay Taguro.

"Tsh.. mga walang kwentang kaibigan.." ngingisi ngisi pang bulong ni Lee at sabay namin kaming napalingon ni Tob sa kanya.

"Hahahahahaha! Ano na naman yun dre!?" natatawang biro ni Tob sa kanya.

"There's something you're not telling me.. both of you.." natatawang sagot ni Lee na nagpapalipat lipat ang tingin saming dalawa. Ngingisi ngisi naman akong tinignan ang likod ni Taguro habang naglalakad.

Para syang lalaki.. Tsk!

"Bakit ako!? Hahahahaha yan si Deib oh!"

"A-Anong ako!?" kunwaring tanong ko!

"Tsk tsk tsk.. what is it Deib?!" tanong sakin ni Lee.

"W-Wala! Hahahahaha! A-Ano ba kasi yun!? Ano yun Tob ha!?"

"Oh?! Bakit ako tinatanong mo!? Ikaw ang sumagot dyan! Bestfriend mo yan e hahahaha!" si Tob.

"H-Hoy! Kayong dalawa ang unang nagkakilala kesa sating dalawa di ba?! Yun ang pinagmamalaki mo di ba!?" natatawang sumbat ko kay Tob.

"Hahahaha sasabihin ko na ba sa kanya dre ha!??!"

"H-Hahahahaha.. I-Ikaw.." kabadong sagot ko.

"Ano yon!?" takang tanong talaga ni Lee!

Huminto si Tob dahilan para mapahinto rin kaming dalawa ni Tob.

"Lee.." biglang seryosong usal ni Tob na kay Lee nakatingin.

"W-What?"

"If I were you.. aamin nako.." seryoso pa ring sabi ni Tob. Pigil naman ang tawang pinanood ko silang dalawang mukhang tanga!

Hahahahahaha! Loko ka Tob!

"A-Aamin san!?"

"Sa Parrot.."

"A-Anong sa Parrot?!"

"Sabihin mo sa Parrot ang tunay mong nararamdaman.. and trust me dre.. 100%.. pareho kayo ng sasabihin!"

"Loko!"

"Hahahahaha!" tawa ko sa kanilang dalawa.

"Oo nga dre.. sabihin mo sa *'Parrot'* na may gusto ka sa kanya.. sasabihin rin nya sayong may gusto sya sayo.."

"Ano bang Parrot ang sinasabi mo dyan!?"

"E sino bang Parrot dito?!"

Taka akong napatingin kay Tob sa pang-aasar na yun na ginawa nya kay Lee at saka naman ako napatingin kay Lee.

"M-May gusto ka kay Parrot, Lee?!" gulat na tanong ko!

"A-Anong?! H-Hindi ah! Wala!" sagot nya samin at nagkatinginan naman kaming dalawa ni Tob!

"Hahahahahahahahaha!" sabay na tawa namin ni Tob sa kanya!

"Mga siraulo kayo!"

Hindi ko maintindihan ang saya'ng yun na naramdaman ko sa biruan namin..

Natatakot akong magsabi kay Lee dahila ayaw kong magalit sya sakin..

Alam kong maiintindihan nya ako pero hindi ko alam kung bakit hindi pa ako handang sabihin sa kanya ang tunay na nararamdaman ko..

Siguro dahil.. may kulang pa rin..

MAX'S POV

"May hindi ka talaga sinasabi sakin e.." biglang sabi ni Naih sakin pagkapasok namin sa Canteen. Nilingon nya pa ang likuran namin. **"Nasan na sila!?"**

Hindi ko sya sinagot at lumingon rin ako.. Wala nga yung tatlo..

Tumingin ulit si Naih sakin at nakataas pa ang kabilang gilid ng nguso nya.

"May gusto si Deib sayo noh?!" taas ngusong tanong nya. Hindi naman ako sumagot. **"Psh! Sige! ganyan ka ah! Hindi ka nagsasabi sakin ah!"**

"Tss.."

"Oh my God.." bulong nya pa! **"Stop me! So tama nga ako!?"**

"Hindi kasi ako n-naniniwala e---"

"Edi meron nga?!" malakas na tanong nya!

Hindi ko sya sinagot!

"Stoooopp me!!! Hindi nga?! Si Deib!? Si Deib Lohr!? Si Deib Lohr Enrile!? Si Sensui!? Hindi nga----!!!!"

"Baka kulang pa? Gusto mo ako magsigaw?!" inis na tanong ko sa kanya at napatakip naman syang bigla sa bibig nya na luminga pa sa mga taong nandon sa Canteen at saka muling tumingin sakin.

"Oh my Goooodd!!! Seryoso?!" hindi makapaniwalang tanong nya at nagkibit-balikat naman agad ako. **"Jusmiyo Makspeyn.."**

"What?" walang ganang tanong ko.

"Kelan pa?!"

"Kagabi nya lang sinabi.. hindi nya rin daw alam kung kelan nagsimula---"

"What!?"

"Mmm.."

"P-Pano nya sinabi? A-Anong sabi nya?! May gusto daw talaga sya sayo?! Waaaaaaa!"

"Sige sigaw mo pa.."

"T-Teka naman kasi!" singhal nya pa na inalalayan pa ako palabas ng kaunti sa may Canteen at pumwesto kami don sa walang tao. **"Umamin talaga sya sayo?!"**

"O-Oo.."

"Waaaa!"

"Pano?!"

"E-Edi sinabi nya.."

"Na may gusto sya sayo!?"

"M-Mmm.."

"Waaaaaaaaaa!!! Bakit hindi mo sinasabi sakin!?"

"H-Hindi rin kasi ako naniniwala.."

"Kahit pa! Dapat sinabi mo sakin!"

"H-Hindi ko naman alam na dapat mo palang malaman---"

"Dapat! Dapat kong malaman!" inis na sigaw nya! **"Nakakainis 'to.."** nakanguso pang singhal nya habang nakatingin ng masama sakin! **"Ang lagay e.. kikiligin kang mag-isa ganon?!"**

"A-Anong kikiligin ang sinasabi mo dyan?!" inis na tanong ko.

"Bakeeeeyyyttt??? Aba e.. wag mo sabihin saking hindi ka kinikilig!? Kukuryentehin kita!"

"Tss.. baka sya ang kinikilig.."

"Hahahahaha.. oo nga pala.. Bakit nga ba nakalimutan kong hambog ka lang!?" natatawa pang tanong nya at saka hindi na naman makapaniwalang tumingin sakin. **"Pero sandale.. Talaga?! Seryoso ka!? Sinabi nya talaga yun?! Baka nagkakamali ka lang ng dinig?!"**

"Edi tanong mo sya!"

"H-Hindi na.. hindi na.. Naniniwala ako sayo.. H-Hindi lang talaga ako makapaniwala.."

"Ako rin e.."

"P-Pano nya sinabi??"

"Tss.. saka na natin pag-usapan.. marami akong iniisip.."

"Tulad ng ano?! Hahahahaha.." parang kinikilig pang tanong nya.

"Kung kumusta na yung bansot na Kev Gonza.."

"Grabe ka.. ang sama ng ugali mo.." biglang sabi nya.

"Inaano kita?!"

"Alam mo ng may gusto si Deib sayo.. yung bubwit na yun pa rin ang iniisip mo!?"

"Tss.. anong masama don?"

"Dapat si Deib lang.."

"Okay ka lang?!" inis na tanong ko.

"Bakit? Hindi mo sya gusto?" parang nanghihinayang na tanong nya pa at pinandilatan ko naman sya ng mata!

"Okay ka lang!?"

"Ahh yeah.. same old Maxpein.. Loyal.. faithful and stick to one like a bubble gum.. Kawawang Sensui.."

"Naih.."

"May girlfriend na si Randall.. baka gusto mong magmove on?!" pang-aasar nya pa.

"H-Hindi naman yun e.."

"Oh e ano?"

"Tss.. bakit? Porke ba't me gusto saken yung tao e gugustohin ko na rin?!"

"Why not?! Kung sa ganong paraan ka makakalaya e di ba!? Don't be too hard on yourself Maxpein.. Matalino ka.. dapat alam mo na yan.."

"Hindi ganon kadali yun Naih.."

"Why don't give it a try!?"

Bakit ba lahat ng tao parang boto'ng boto don sa Sensui'ng yun!?

"Try?! Kahit wala akong nararamdaman---try!?" inis na tanong ko.

"Wala talaga!?"

"Wala.."

"Bakit?!"

"Hindi ko alam.. basta wala akong nararamdaman.."

"Max.."

"At hindi ko ugaling lokohin ang sarili ko.. Alam mo yan.." seryosong dagdag ko na nakatingin pa ng deretso sa mga mata nya. Hindi naman sya nakapagsalita at bumuntong-hininga pa sya.

Ang totoo ay kanina pa sya maraming sinasabi!

Nabanggit ko na kasi sa kanya yung nangyari samin nila Deib at Kev kanina sa pagitan ng grupo nila Mallyu.. Hindi rin sya makipaniwala sa kinwento kong yun at todo pag-aalala na naman sya sakin pero pinakita ko sa kanyang ayos lang ako..

Nawala yun sa isip nya matapos naming manalo ngayon lang..

At etong kay Sensui naman ang nalaman nya..

"O-Oh.. ang tagal nyo naman?!" kunwaring tanong pa ni Naih nung matanaw nya na yung tatlo. Hindi ko na sila nilingon pa at nauna na akong naglakad papasok ng Canteen.

"Waaaaaaaa!"

"Si idoooool!"

"Yeeeaaahhh!"

"Ang galing mo po Ms. Maxpein!"

"Idooooll ang galing galing mo! Sana kayo ang magchampion!"

"Panonoorin ka rin namin sa BIS!"

"Woooohh taga-BIS yan!"

"Let's goooo BIS!"

"Ang cute ni Idol!"

"Oo at ang astig pa!"

"Yun oh! Si Zarnaih!"

"Woooohh idol rin!"

"Idol Zarnaih!"

"BIS rin yaaaann! Let's gooo!"

"Kyaaaaaaaa!"

"Waaaaaaaaa!"

"Yaaaaaaaaaa!"

"Yiiiiiiiieeeeeeee!"

"Ang Big Three!!!"

"Ang gwapo gwapo ni Deib oh Rosetin!"

"Oo nga Michelle.. sana mapansin rin nila tayo ano?"

"Ang swerte naman nila.. nakakasama nila sila.."

"Magkakaschoolmate kasi ang mga yan Sharon ano ka ba.."

"Oo nga.. pero hindi ba't magkaiba naman sila ng sports Orleans??"

"Oo nga e.. haaayyss.."

"Maaaaaxxx!!!" narinig ko ang sigaw na yun ni Michiko kaya naman nilapitan ko agad sila nila BJ at Migz.

"Grabe sikat na sikat na talaga kayo.." sabi ni BJ. **"Kahit saan ay Maxpein at Naih ang naririnig ko.."**

"Ano ka ba bakla.. malamang kilala sila dito! Galing sila dito di ba!?" si Migz.

"Oo nga.. pero tignan mo naman.. pati ibang schools todo support na sa kanila.." si BJ.

"E anggagaling naman kasi nitong dalawang 'to.. pahingi naman ng kaunting talent teh! Nakakaloka ah! Nakakaimbyerna magpaikot ikot sa arawan!" si Migz.

"Bakit? Ano bang ginagawa nyo?" tanong ko sa kanya.

"Ano pa! Alalay ang eksena naming tatlo dito! Tagahatid ng pagkain sa mga manlalarong tulad nyo! Aba kanina e pagkahatid ko ng foods nyo e sumugod naman ako doon sa field! Para magbuhat naman ng kahon kahong tinapay para sa mga players ng football! Nakakaloka!"

"Hahahahahaha.." natawa kaming tatlo kay Migz.

"Oh!? Sila Deib.." usal pa ni BJ. Hindi naman ako lumingon sa kanila. **"Ang taray ng Naih ah?! Kung makasabay sa Big Three.. Sanchai lang teh!?"**

"Oh.. pano ba yan?! Lima pala kami.. manlilibre ka pa rin ba?!" biro ni Naih kay Sensui.

"Oo naman.. walang problema.." sagot nya na sumulyap pa sakin.

"Ayy talaga!? Manlilibre ka Deib!?" tanong ni Migz sa kanya na tumango naman agad sa kanya! **"Woooow bet ko yan! Kailangan mo ba ng tulong sa pagbubuhat ng orders? Okay lang sakin.. Tulungan na kita----"**

"Hindi na.. kami na lang.." natatawa pang sagot ni Sensui sa kanya. **"Tara.."** yaya nya kina Lee at Tob at saka pumunta sa line.. Muli namang nagsigawan yung mga babae.

Hindi ba sila nagsasawa katitili!?

"Anong nakain non!?" takang tanong ni BJ na nakatingin pa rin kay Sensui.

"Puso.." nakangiwi namang sagot ni Naih sa kanya.

"Puso?! Anong puso!?" Migz, BJ at Michiko.

"Malaking malaking puso!" sagot ni Naih sa kanya na tumingin pa sakin!

"Anong ibig mong sabihin Naih?? G-Gano kalaki yung puso??" kunot-noo'ng tanong pa ni Michiko sa kanya!

"Ay sineryoso agad teh!? Ibig sabihin ng Zarnaih e.. inlove ang Deib!" sigaw ni Migz sa kanya!

"Ohhh???" si Michiko.

"Hala sya.. nagulat pa teh!? E dati naman ng inlove ang Deib!"

"Oo nga!"

"E kanino nga ba sya inlove?!" biglang baling ulit ni BJ kay Naih. **"May iba na ba sya?"**

"Hahahahahahaha.. malalaman nyo rin yan.."

"Sabihin mo na!"

"Sya na lang tanongin nyo!"

"Nakakainis naman 'to! Pabitin! Ikaw kaya ang pagbuhatin ko ng pagkain!"

"Ikaw kaya patirahin ko don!?"

"Tse!"

Nagpatuloy sila sa pagbibiruan samantalang nanatili akong nakatungo..

Ramdam ko ang pagod at ngalay sa kamay ko..

Hindi ko maintindihan ang nararamdaman ko..

Pakiramdam ko ay kakaibang hangin na ang dumadaan sa katawan ko..

Masyado ng malamig..

Hindi na kasing init nung dati..

Munit nananatili ang lungkot sa puso ko..

Pakiramdam ko ay may kulang pa rin sa kabuuan ko..

Napatingin ako kay Sensui na mukhang masayang masaya habang nakikipagbiruan sa mga kaibigan nya..

Naranasan ko na rin 'to noon kay Randall.. pero hindi ko maintindihan kung bakit kakaiba ang sayo? Parang ang hirap paniwalaan..

Bumuntong-hininga ako matapos kong makitang sa akin agad sya tumingin nung bumaling sila pabalik samin..

Totoo ang mga ngiti sa mukha nya.. ultimong ang mga mata nya ay parang nakangiti na.. Parang ang tamis pakinggan ng tawa nya at masarap sa pandinig ang mga sinasabi nya.. Nakikita ko rin naman sa mga ginagawa nya na totoo at tunay ang nararamdaman nya pero..

Ni hindi ko man lang naranasang kabahan..

Sa dami ng sinabi nya.. alinman don ay walang nakapagbilis ng puso ko dahil *'kinikilig'* ako..

Sa dami rin ng ginawa nya.. alinman don ay wala ring naging dahilan para makaramdam ako ng *'haplos'* sa puso ko..

Mga bagay na kay Randall ko lang naramdaman..

"Woooow ang damiiii!!!" sigaw agad ni Migz matapos makita ang pagkaing in-order nila!

"Oh Michiko.. binili ko yung paborito mong bulalo hehehehehe!" si Tob.

"Yiiieee ang sweet mo hihihihi!"

"Mas sweet naman yung iba dyan.. may dessert pa.. hahahaha!" napatingin ako kay Tob sa biro nyang yun. Nakatingin sya kay Lee na iiling iling na may iniabot kay Naih. Iginalaw ko ang ulo ko para silipin kung ano yun.

Cake?!

Taka akong napatingin kay Lee. Halata sa kilos nya ang pagkailang at inis kay Tob.

Tss..

Biglang iniharang ni Sensui ang mukha nya sa mukha ko!

"Eto sayo.." usal nya pa, tinignan ko naman yun.

"Hindi ako kumakin ng cake.." sagot ko.

"H-Ha?! Bakit?!"

"A-Anong bakit?"

"Bakit hindi ka kumakain ng cake.."

"Ayy hindi sya kumakain ng cake.. akin na lang yan.. akina.." si Naih na mabilis kinuha ang plate ko. **"Baka meron pa sa inyong hindi kumakain ng cake?"** tanong nya pa sa iba. **"Oh.. eto.. sayo na 'tong kainin ko.. hehehehe.. akin 'tong cake.. Yiiieee---"**

"E-Eto ang sayo.. bakit kukunin mo pa yan?" tanong ni Lee kay Naih.

"H-Ha??"

"Ahh Naih.. binili ni Lee yan para sayo.."

"H-Ha!?"

"B-Binili ko 'to para sayo kaya wag mo ng kunin yung kay Max.." sabi pa ni Lee at inagaw ang plate ko saka ibinalik sakin. **"H-Hehehehe.. Max.. kain ka na---"**

"Ako na!" sigaw naman ni Deib sa kanya.

"Ayy.." si Migz. **"Parang nag-iba aura dito.."** baklang baklang sabi nya pa. **"BJ.. ramdam ko out of place tayo ditey.."**

"Kiber teh.. ma-out of place ka mag-isa.. lalamon ako.. libre 'to teh.." si BJ.

"Kakaiba na 'tong mga eksena ngayon ah.. nag-interhigh lang.. gumanda lahat ng tao teh.. Lahat naging fresh! Lalo na kayong tatlo.." si Migz pa rin.

"Oo.. ikaw na lang ang hindi.."

"Maliban sayo teh oo.."

"Tse.. kumain ka na lang kasi.."

"Juskoh.. baka pagbalik sa BIS bilang bilangan na ng monthsary ang eksena! Ang lagay e.. silang lahat e puro kilig ang nararamdaman?! Tapos ako panay *'goodvibes'* na lang, ganon!?"

"Sya.. lakad.. gumora ka sa Ciupan at ipaglaban mo yan! Bakla'ng 'to.. hindi na lang lumamon.."

"Tse!"

"Hahahahahhahahahahahahahahaha!"

Nanatili akong tahimik at nag-iisip habang nagbibiruan silang lahat. Naririnig ko naman sila pero hindi ako nakikisali sa usapan nila.

"Bakit ang tahimik mo?" maya maya pa'y tanong sakin ni Sensui. Napatingin naman ako sa kanya at saka sumulyap sa iba'ng abala pa rin sa biruan nila. **"Kumain ka na.. andami kong binili oh.."** malambing pang sabi nya dahilan para kumunot ang noo ko.

Kailangan nya ba talagang kumilos ng ganyan sa harap nila!? Tss..

"Kumain ka na.." alok nya pa ulit kaya naman kinuha ko na ang spoon ko at sinimulan ng kumain. **"Masarap di ba?"**

"Teka.. nilalasahan pa e.." singhal ko.

"Hahahah.. ang sungit mo.."

"Tss.."

"Manood ka ng game ko ah?" mahinang tanong nya.

"Sige lang.."

"Sigurado ka?"

"Kung ayaw mo.. pwede rin namang hindi na.."

"Hahaha.. sige sige manood ka.. Don ka sa pwesto namin.."

"Tss.. bakit don pa?"

"Para kitang-kita kita.."

"H-Hindi na.. pupwesto ako kung san ko gusto.."

"Basta don ka sa pwesto namin.. gusto ko makikita kita.."

"Bakit gusto mo kong makita?" seryosong tanong ko na nakatingin sa mismong mga mata nya kaya naman kitang-kita ko rin ang pagkagitla at paglunok nya.

"P-Para.."

"Para maganda laro mo?"

"Oo.. hehehehe.."

"Tss.."

"Oo nga.."

"Sige.. pero sa isang kundisyon.."

"A-Ano yun?"

Gusto kong matawa sa naging reaksyon nya sa sinabi ko. Nanlaki ang mga mata nya at bahagya pang lumapit sakin!

DEIB'S POV

Kinabahan ako nung sabihin ni Taguro'ng uupo sya sa pwesto'ng gusto ko para panoorin ako sa isang kundisyon!!!

Kundisyon!? Anong kundisyon naman yun?! Bakit kailangang may kapalit pa!? Kainis!

"A-Ano yun?" kabadong tanong ko.

"Kakanta ka sa harap ko kapag nanalo kayo.."

"H-Ha??"

"Kakanta ka sa harap ko.. Kapag nanalo kayo.. kakanta ka sa harap ko.."

"K-Kakanta?!"

"Mmm.."

"Uyyy.. anong kantahan yan ah?! Pwede jumoin?!" tanong ni Migz.

"Hindi na.. magaling ka na dyan e.." biro ni Taguro sa kanya.

"E anong kantahan ba yan kasi teh!?"

"Si Sensui.. sabi ko kapag nanalo sila.. Kakanta sya sa harap ko.."

"Hahahahahahaha!" si Tob.

"Tch! A-Anong klaseng usapan ba naman yan?! Bakit parang lugi ako!?" inis na tanong ko.

"Luge ka pa ah!?" naghahamong tanong ni Taguro!

"Oo.. lugi ako! H-Hindi naman kasi ako kumakanta e!"

"Kumakanta ka dre!" si Tob!

Tinignan ko naman sya ng masama kaya nanahimik bigla!

"A-Ayoko! H-Hindi ako marunong kumanta!"

"Tss.."

"I-Ibahin mo na lang!"

"Ano bang usapan yan? Pasali naman.. nagsosolo kayo e.." si Parrot!

"Etong kaibigan mo.. sinabi ko lang na manood ng laro ko.. ang gustong kapalit ay kumanta ako!? No way!"

"Ayy.. sweetness!? Stop me!"

"What!?"

"Hahahahahah.."

Hindi ako maka-relate kailanman sa mga biro nila! Badtrip!

Lumipas ang ilan pang oras at oras na ng laro namin.

Mabilis kaming kumilos nina Lee at Tob habang sina Parrot at Taguro ay may kukunin lang daw sa room nila..

Kasama na namin sina BJ, Migz at Michiko kaya naman pinapwesto ko na sila sa likod mismo ng bench naming mga players.

"G-Galingan mo Tob ah??" nakangiting sabi ni Michiko sa pa-cute namang si Tob!

"Oo naman Michiko hehehehe.. baka sakaling makadalawang three points ako katumbas ay ang matamis mong *'oo'*... hehehe!"

"Yiiiieee ano ka ba..."

Korni..

"Here Deib.." biglang lapit ni Lee na iniabot ang wristband ko.

"Thanks.."

"Tob.." abot rin ni Lee ng wristband nito.

"Papa Lee! Galingan mo ah!" si Migz. **"Lakasan mo ang bato! Yung tipong gwapo'ng gwapo ang dating mo hihihii!"**

"Oo Lee! Yung tipong sa sobrang lakas e tatama sa mukha ng Migz! Hahahaha!" si BJ.

"Hahahahahahah.." nagtawanan silang lahat.

Nasan na ba kasi yung dalawang yun!? Kung san san nagsususuot!

"Ang tagal naman nila Max?" tanong ni Lee.

"B-Bakit ba si Taguro pa rin ang hinahanap mo?!" inis na tanong ko at ngumisi naman sya bigla.

"Hahahaha.. Bakit?! Anong masama don?"

"H-Hindi ba't kay Parrot ka na ha!?"

"W-What!?"

"Tch! Si Parrot na lang ang hanapin mo!"

"H-Hoy Deib.. don't tell me.."

"Idooooooooool!!!"

"Uyyy si Idooolll!"

Sabay kaming napalingon nung magsigawan yung mga taong nasa likuran namin at nakita namin sina Taguro at Parrot na naglalakad papalapit samin..

Nakatungo si Taguro samantalang panay naman ang kaway ni Parrot..

"Ayy talagang doon sila uupo sa tabi nila Deib?! Tignan mo Cielo oh!"

"Kyyaaaa! Oo nga! Anong meron!?"

"Alam mo Cielo.. kanina ko pa napapansin yan e.."

"Oo nga e.. ako rin Tracy e.. kanina ko pa napapansin.. Hindi kaya?? Sila na?!"

"Hwaaaaaaaaaaaaaaaaaa!!!"

"Bakeeeeeeeeeettt!"

"Hindi pwedeeeeeeeeeeeeee!!"

"Pano na si Deib ng buhay ko?! Huhuhuhuhu! Hindi ko yata kaya 'to huhuhu!"

Kayanin mo na Miss.. Gusto ko talaga sya e hehehe!

Nung makalapit samin si Taguro ay agad na lumapit si Parrot kay Lee.

"Wow.. iba na talaga mayaman.. ganda ng wrist and head band ah!? Tugma'ng tugma sa uniporme.. mamahalin yan noh?" si Parrot.

"H-Ha??"

"Ha!? Utal!?"

"Excuse me?"

"Galingan mo ah!? Manonood ako hehehe."

"Tsh.." singhal ni Lee sa kanya.

"Tignan natin kung talagang ako ang malas sa buhay mo.."

"Yeah right.."

Agad naman akong tumabi kay Taguro na parang walang gana'ng nakatingin lang dun sa mga naglilinis ng court.

"Hey.." nakangiting bati ko, liningon nya lang ako.. saka ngumisi pero sa court pa rin nakatingin!

Hindi man lang sakin ngumiti!

"Konting konti na lang Sensui maniniwala na talaga ako.."

"S-San?"

"Sa mga sinasabi mo.."

"H-Hindi ka pa rin pala talaga naniniwala?!"

"Hindi.."

"B-Bakit?"

"Ewan ko.. ganito ako e.."

"A-Ano bang gagawin ko para maniwala ka?"

"Wala.."

"E bakit hindi ka pa rin naniniwala?"

"Ewan ko.. ganito ako e.."

Abnormal..

Nakanguso akong sumandal at inis na tumingin rin don sa mga naglilinis.

"Konti na lang.. wag kang mag-alala.." dinig kong mahinang sabi nya pa.

Bahagya naman akong napangiti sa sinabi nya.. Ilang segundo pa ang lumipas bago ko ulit sya nilingon..

"B-Bakit ang lalim ng iniisip mo?" tanong ko.

"Bakit? Nasisid mo?"

"H-Huh!?" takang tanong ko at natawa naman sya.

"Pano mo nasabing malalim ang iniisip ko? Nasisid mo ba kako?"

"B-Bakit ba ganyan ka?! Kakaiba ka mag-isip!!" inis na sabi ko sa kanya! **"Badtrip..."** bulong ko pa! **"Kung kailan ka seryoso.. bibiruin ka.. kapag nagbibiro ka naman, sya ang seryoso.. nakakaloko! Tsk!"**

"Ginusto mo yan e.. manigas ka.." ngingisi ngisi pang sagot nya!

"Oo! At ako ang magbabago ng ganyang ugali mo!"

"Wag ganon.. ginusto mo ko ng ganito ako e.. baka pagsisihan mo pag nagbago ako.."

Hindi ko sya sinagot!

Pero hindi ko maintindihan kung bakit parang natutuwa ako sa ngisi nyang yun! Yung mga ngisi nya sa paningin ko ay hindi nakakainis! Kung hindi.. nakakatuwa! Hehehehehehe!

Nakakakilig...

"H-Hindi mo man lang ba ako sasabihang *'galingan'* ko!?" nakanguso pang tanong ko.

"Hindi na.."

"H-Ha?! Bakit!?"

"E alam ko naman ng magaling ka.."

"Hehehehe.. P-Pero iba pa rin kasi k-kapag nanggaling sayo.. S-Syempre.. pampalakas ng loob yun.. pampaganda ng laro hehehe.."

"Nandito na nga ako e.."

"H-Ha?"

"Tss.. nandito nako kaya kahit hindi ko kelangang sabihin yun.. alam kong gaganda na ang laro mo.."

"A-Ang yabang mo! Taguro!"

"Dati na.. Sensui.."

"Tch! Bahala ka nga dyan!" inis akong iniwan sya!

Porket alam nyang may gusto ako sa kanya tumaas naman ang tingin sa sarili akala mo naman sobrang ganda! Tch! Bahala ka sa buhay mo! Habulin pa rin naman ako ng chicks kahit hindi kita katabi!

"Erile! Yanai! Gozon! Come here!" biglang sigaw samin ni Coach at agad naman kaming lumapit.

"Wag magpapahassle kasi mayayabang ang makakalaro nyo.. Nakikita nyo yung number 18!?"

"Yes Coach.."

"Yun si Randy Geo.. ang captain ng team nila.. Mag-ingat kayo dahil mabilis kumilos yun at magaling mang-agaw ng bola.."

"Yes Coach.."

"Gozon.."

"Yes Coach.." si Lee.

"I trust you.."

"Y-Yes Coach.."

"Nakoooo hahahaha! Hanep naman! Sa kanya ka talaga may tiwala Coach!?" si Parrot!

"Oh Marchessa.. hindi kita napansin.. Congrats sa laro nyo kanina.."

"Thanks Coach.. ayun si Max oh.."

"Oh.. del Valle!" sigaw ni Coach kay Taguro na dahan dahan pang lumingon sa kanya. **"Congrats!"**

Tinanguan nya lang si Coach at saka ibinalik ang paningin sa Court!

"Hahahahahahahaha!" malakas na tawanan nung mga nakakitang teammates namin.

"Weird!"

"Grabe talaga 'to si Del Valle, oo.. tsk tsk.. O sya team.. May tiwala ako sa inyong lahat.. Enrile.. Yanai.. Guinto.. Ibañez.. Lat.. Gozon.. alam nyo na ang gagawin.."

"Yes Coach.."

"Okay on three.."

"Let's gooooo BIS!!!"

"Oh isa pa.. isa pa! Sama kayo Del Valle---Marchessa!"

"Ayan dali dali! Sali tayo!" yaya ni Migz kina BJ at Michiko!

"Sigeee! Hihihi ang cute natin!" si Michiko.

"Hahahaha nakakatuwa naman 'to.. exciting!" si BJ.

Dahan dahan pang tumayo si Taguro bago lumapit samin.

d-.-b < - - - Taguro.

Ipinatong ni Taguro ang kamay nya sa ibabaw..

Kaya naman hinugot ko ang kamay ko sa gitna at ipinatong ko sa kanya.. Gulat pa syang napatingin sakin nung gawin ko yun!

"On three..!!!"

"LEEEETTT'S GOOOOOOOO BIS!!!"

"Wooooohhh!"

"Yaaaaaaa!"

"Kyaaaaaaaaaaaaahhh!!"

"Ayaaaannn naaaa!!!"

~PRRRRRRIIIIIIIIIIIIITTTTTTTTTTT!!!!!~

Malakas na pumito ang referee kaya naman isa-isa kaming nagsipagtayuan sa harap ng kanya kanya naming mga bench.

Nagsalita ang announcer at ipinakilala ang team ko at team nung kabila.. Kaya naman nung isa-isa nang banggitin ang pangalan ay pumihit ulit ako kay Taguro.

"Hawakan mo 'to.." sabi ko sabay abot sa kanya ng towel ko.

"Anak ng.. bakit sakin!?" inis na tanong naman nya.

"Para iaabot mo sakin pagbalik ko.."

"Tss.. ang korni mo.." sabi nya sabay lapag nung towel ko sa katabi nyang bench na bakante!

"A-Ano ba!"

"Oo! Iaabot ko paglapit mo!"

"Sige hehehe.."

"Tss.. puro pa-cute.." inis na sabi nya kaya naman yumuko ako at inilapit ang mukha ko sa tenga nya.

"Hindi ko kasi matagalang hindi ka tignan.." bulong ko at saka tumayo at sinulyapan sya bago talikuran.

"Kyaaaaaaaaaaaaaa!!"

"Amberrrrr!! My Gooood! Nakita mo yung ginawa ni Deib kay Max!?"

"OMG!!! Sila na kaya!!!???"

"Kyaaaaaaaaaaaa!!! Ang cuuuuttte nilaaaaaa!"

"Ashian!!! Sila na nga yata!!"

"OMG! OMG! OMG! Support ko yaaaann!!"

"Taguro!"

"Sensui!!"

"TAGSEN!!!"

Tagsen!?

"Taguro at saka Sensui!? Hahahahaha! Cute.." nakangiting bulong ko pa at saka mabilis na lumapit sa teammates ko at sabay sabay kaming naglakad papunta sa gitna ng court para makipagkamay sa kalaban..

Hindi pa nag-uumpisa ang laro pero kung makangisi sila akala mo ay nanalo na..

Mabibilis..

Matutulin..

Magagaling..

Mayayabang..

Yan ang katangiang meron ang mga kalaban namin ngayon..

"Deib!" malakas na sigaw ni Tob sakin kaya naman agad kong sinalo ang bola at mabilis ring pumihit then..

"Shooooooooort!"

"Waaaaaaaa!"

"Kyyyyaaaaa!"

"Let's goooo BIS!"

Sumulyap pa ako kay Taguro matapos kong pahulugin ang bola'ng yun..

Nakatingin sya sakin pero nananatiling blangko ang mukha nya..

Ewan ko ba kung bakit ang bilis kong nagpakatotoo sayo Taguro!? Tch.. naamin ko lang yung nararamdaman ko.. kusa ng nagderederetso..

Hindi ko na naman napigilan ang sarili kong mapangiti at saka nagtuloy sa paglalaro..

-BRINT INTERNATIONAL SCHOOL-

BILLIARDS AND BASKETBALL

Game One : WIN

Game Two : WIN

Game Three : WIN

Mabilis na lumipas ang oras at wala kaming naging talo sa araw na 'to at ganon rin naman sina Taguro.

Pakiramdam ko gumanda talaga ang laro ko dahil sa ganda rin ng nararamdaman ko..

Hindi ko pa 'to naramdaman kay Kim kaya naman tuwang tuwa ako dahil kay Taguro ko 'to nararamdaman..

Kanina pa tapos ang laro namin at ngayon ay pinanood namin ang katatapos lang na laro nila Taguro at Parrot. Tulad nga ng sinabi ko, pare-pareho kaming walang talo sa araw na 'to. Hindi sa pagmamayabang pero hindi sing galing ng mga taga-SIS at taga-Luna ang mga nakakalaban namin ngayong araw.. Ang inaabangan namang talaga ng lahat ay laban sa pagitan ng Luna, BIS at SIS.

MAX'S POV

"May pupuntahan lang ako.." mahinang sabi ko at nilingon naman agad ako ni Sensui.

"Saan??" takang tanong nya.

"Dyan lang.. babalik rin ako.."

"Teka.. sasamahan na kita.."

Naninibago ako sa treatment namin sa isa't isa ngayon kaya naman nagugulat pa rin ako twing magsasalita sya dahil hindi ko inaasahan ang mga sinasabi nya.

"H-Hindi na.. kaya ko ng mag-isa."

"Sasamahan na kita.."

"Wag na nga.. babalik rin naman ako e.."

"San ba kasi punta mo?" malungkot na tanong nya.

Hindi ko maintindihan kung bakit parang nagagawa akong pigilan nung lungkot na nakikita ko sa kanya.. Nararamdaman ko ang mga ipinapahiwatig nya!

Ano bang nangyayari Maxpein?! Anong nangyayari!?

"B-Basta.. dyan ka na lang.. babalik ako.." sabi ko at saka tumayo.

"Max.."

Dahan dahan akong napatingin sa kamay ko at gulat akong makitang hinawakan ni Sensui yun..

Binitiwan nya rin yun matapos nyang tumayo at humarap sakin.

"Hihintayin kita.. hindi ako aalis dito hanggang sa makabalik ka.. hihintayin kita.." seryosong usal nya habang nakatingin sa dalawang mata ko.

"S-Sige.. b-babalik ako.." sabi ko at saka tinalikuran sya.

Hindi ko maintindihan..

Naiinis ba ako?

Naiilang?

Hindi ko maintindihan kung bakit iba ang pakiramdam ko sa ginagawa nya!

Hindi ako natutuwa..

Hindi rin ako nagagalit..

Parang wala lang pero meron!

Alam mo yun!?

Hindi ko maipaliwanag!

Naninibago lang siguro ako dahil.. m-matagal na panahon na rin mula nung huling may nagpakita sakin ng ganitong mga bagay..

Mabilis akong naglakad papalabas ng SIS campus at sumakay sa motor ko pagdating sa Parking Lot..

Pumunta ako sa SISH.

Emergency Room.

"Good afternoon.." bati ko don sa isang nurse.

"Yes Ma'am?" nakangiting bati nya rin sakin.

"I'm looking for Kev Gonza...??"

"He's in bed 3 Ma'am.."

"Thank you.."

"Welcome Ma'am.."

Mabilis kong pinuntahan yung Bed 3 at hinawi ang kurtina nun pero...

Nakita kong nagbibihis si Kev kaya naman mabilis ko ring isinara ang kurtina!

"D-Destiny?! Destiny ikaw ba yan!?"

"N-Nakakadiri ka bakit hindi mo man lang sa C.R. ginawa yan!?"

"Bakit?! Hahahahaha.. Wala ka namang nakita ah?! Tsh.. para tyan lang.."

"Tss.."

"Namiss mo na ba agad ako?" tanong nya na biglang hinawi ang kurtina at humarap sakin.

Hindi ko sya sinagot at tinignan ko ang kabuuan ng mukha nya. Namamaga pa rin pero hindi na kasing lala nung kanina.. Namumula pa rin pero hindi na rin sing pula nung kanina..

"Okay ka na ba??" tanong ko.

"Mmm.. nandito ka na e.."

"Tinatanong kita ng maayos.."

"Sinasagot naman kita ng maayos ah? Okay na ako.. lalo na ngayon at nandito ka na.."

"May laro ka.."

"Oo nga e.. kaya eto nagbihis na ko hehehe.."

"Kaya mo bang maglaro?" seryoso pa ring tanong ko.

"Kung manonood ka.. mas kakayanin ko hehehe.."

"Sumagot ka sabi ng maayos.."

"Opo.. kaya kong maglaro.. Nakapagpahinga na rin ako kaya alam kong kaya ko na.. Masakit lang talaga yung ginawa nila sakin kanina kasi kakakain ko lang non di ba?"

"Tss.. bakit ba ginanon ka nung mga yun!?"

"Kasi nga.. yung girlfriend nung lider nila.. may gusto sakin.. e hindi ko naman trip.. Yung chic nya ang dikit ng dikit at sunod ng sunod sakin.. Hindi ko na nga pinapansin panay pa rin ang sunod sakin! Nung sinabi ko sa kanyang hindi ko sya trip.. akalain mong nagsumbong don sa Mallyu?! Loko rin e.."

"Kaya niresbakan ka nila Mallyu??"

"Hahahahah.. ang cool mo.. hindi ko inaasahang sa ganda mong yan, resbak ang tawag mo sa ganon? Hehehe.. cool.. cute.. nice.. mwah!" nagpapacute pang sabi nya at saka sumeryoso. **"Mga duwag naman pala sila e.. nanganganti sila ng patalikod.. Akalain mong ilang araw na rin pala akong inaabangan nung mga yun don?! Tsh! Talagang sa SIS pa nila napiling manggulo ah?! Hindi man lang ako inantay makabalik ng Luna.."**

"Hindi mo ba sila kilala?"

"Mmm.. hindi ko sila kakilala.. pero alam ko naman kung ano sila sa school.. Mga siga.. mga boss.. mga gangster.. Hindi ako tulad nila.. gaganto ganto ako pero dean's lister yata 'to.. hahaha.."

Hindi ko sya sinagot at tinignan ko lang ulit sya.

"E ikaw? Bakit kilala mo sila?"

"Mahabang kwento.."

"Edi ikwento mo.. makikinig ako hehehe.."

"May laro ka pa.. kailangan mo ng bumalik.."

"Ahh oo nga pala.. medyo malayo pa ang SIS dito kaya maglalakad pako.."

Maglalakad?! Sa ganyang lagay!?

"Okay na ba yung bills mo?"

"Mmm yeah.. sinagot nung President Moon.."

"I see.."

"Bakit nga pala nandito ka?? Para sakin no??"

"Mmm.."

"Talaga?!"

"Mmm.."

"E-Edi nag-aalala ka sakin??"

"Oo naman.."

"Hindi nga!? Destiny.. s-seryoso ka??"

"Tss.. tigilan mo nga yang kadedestiny mo?? Ayusin mo na ang sarili mo.. tara na sa SIS.."

"Okay na ako.. hehehe magpapasalamat na lang ako sa mga umasikaso sakin.. Saglit lang ah.." sabi nya pa at tinanguan ko naman sya.

Pinanood ko pa sya habang nagpapaalam don sa mga nurses at doktor na nasa station. Kinausap pa sya saglit at ibinigay ang reseta nya at saka sya bumalik sa harap ko.

"Tara na, destiny!"

Hindi ko na sya sinagot at dumeretso na ako sa labas..

"Siguro.. 3-5 minutes lang nandon na tayo.. Magtaxi na lang tayo.."

"Dala ko motor ko.." mahinahong sagot ko.

"H-Ha?? E-Eh.. s-sige sige ako na lang ang m-magtataxi.."

"Sumabay ka na.."

"H-Ha?"

"Umangkas ka.. eto helmet.." sigaw ko at ibinato ang helmet sa kanya na mabilis rin nyang nasalo.

"P-Pero---"

"Bilisan mo na kung gusto mong makahabol sa laro nyo.."

"S-Sige.." nahihiya pang usal nya. **"H-Hehehehe.. h-hindi ko akalaing ganito ka kasweet destiny ah?! Hahahaha.. Sinundo mo na ako.. iaangkas mo pa ako.."**

"Tss.. wag kang mag-imagine.. Kumapit ka.."

Gulat akong napatingin nung bigla syang humawak sa magkabilang bewang ko! Mabilis kong tinapik yun at inalis naman nya!

"A-Ano ba?!" takang tanong nya pa!

"Sinabi ko bang sakin ka kumapit ha?!"

"H-Ha? E s-saan ba!?"

"Dyan sa likod mo may hawakan! Dyan ka humawak!"

"S-Sorry.. h-hindi ko alam e hehehehe.."

"Tss..."

Mabilis kong pinaandar ang motor ko pabalik ng SIS.

Kaya naman enjoy na enjoy si Kev pagkababa nya..

SIS Parking Lot.

"Wooohh! Ang cool mo grabe hahahaha! Ang bilis pero swabe! Ang astig nitong motor mo ah! Mahal siguro yan!?"

"Bilisan mo na.. baka malate ka.."

"Hehehehe.. kelan ba natin uulitin 'to?!"

"Hindi na..." seryosong usal ko at saka bumaling papasok ng gate at..

Sensui..

Napahinto ako nang sa hindi inaasahan ay nakita ko si Sensui!

"Oh?? Si Enrile pala 'to e.." nakangiti pang bati ni Kev sa kanya. **"Hehehehehe.. sinundo lang naman ako ng *'Destiny'* ko.. ano ka ngayon!? Hehehehehe.."**

Hindi pa rin nagsalita si Sensui at ni hindi man lang naalis sakin ang seryosong tingin nya..

Hindi sya mukhang galit pero blangko ang mukha nya..

Iiling iling naman akong bumaling kay Kev.

"M-Mauna ka ng pumasok.." sabi ko kay Kev.

"Ha? E-Eh pano ka?"

"Susunod ako.."

"Sigurado ka?"

"Mmm.."

"Manood ka ng laro ko ah?"

"S-Sige.."

"Hihintayin kita.."

"Sige na.. pumasok ka na.. magsstart na ang game nyo.."

"Hihintayin kita.. naiintindihan mo??" ulit nya pa sa mismong mukha ko.

"Magpalit ka ng uniform mo.. yung malinis.."

"Yes destiny! Masusunod po hehehe.. see you.. mwah!"

Pinanood ko pa si Kev hanggang sa makaalis.. at saka ako muling bumaling kay Sensui.

"A-Anong ginagawa mo dito?" seryosong tanong ko sa kanya. Iniiwas naman agad nya ang paningin nya sakin. **"S-Sinundo ko sya sa ospital**

kasi may laro sya.."

"Tch.." mahinang singhal nya pa.

"Tara na don.. manood na tayo.." sabi ko na nilampasan sya pero hinawakan nya ako sa braso at mahinahong iniharap sa kanya.

Napatingala ako sa kanya..

"B-Bakit??" tanong ko.

"Akala ko ba hindi ka nag-aangkas sa motor mo?" halatang pigil ang inis na tanong nya.

"M-May laro sya.. galing pa kami sa SISH.. b-baka malate sya kung paglalakarin ko pa sya---"

"Pwede naman syang magtaxi.."

"Sa ganitong oras kasi ay madalang ang taxi na dumadaan sa harap ng SISH.."

"Hindi mo naman obligasyong sunduin sya.."

"O-Oo nga pero.."

Hindi ako makaisip ng isasagot!

"Pero??" seryosong tanong nya. Nakakagulat ang blangko'ng mukha na ipinapakita nya sakin ngayon! Ngayon ko lang kasi nakita ang mga yun!

"N-Nasundo ko na e.."

"Bakit mo sya sinundo?"

"E-Eh bakit ba nagtatanong ka ng ganyan??" pigil ang inis na tanong ko, hindi naman sya sumagot. **"H-Halika na.. bumalik na tayo don.."**

"Sagotin mo yung tanong ko.."

"Hindi naman kasi big deal yun.."

"Big deal sakin yun.." salubong ang kilay na sagot nya.

"H-Hindi big deal sakin yun Sensui.." ulit ko pa na pilit ipinapakita ang sinseridad ko.

"Ang sabi mo sakin hindi ka nagsasakay sa motor mo at maswerte ako dahil ako pa lang ang nakasakay sa motor mo.. pero bakit parang ganon na lang kadali sayong isakay sya? Lasing ako nung makasakay ako dyan samantalang sya parang enjoy na enjoy pa?? May gusto ka ba sa kanya??"

Nabigla ako sa derederetsong tanong nya!

"Wala!" deretso ring sagot ko.

"Tch.."

"Wala nga!" inis na sigaw ko at hindi sya nagsalita! Salubong ang kilay nyang tumitig sakin at kitang kita ko ang pangingilid ng mga luha nya kaya

naman mas nabigla ako!

"W-Wag mong ipilit yang iniisip mo.. wala akong gusto sa kanya at hindi ako tulad ng inisiip mo.."

"Sana nga.."

"Anong sana nga?" pigil pa rin ang inis na tanong ko.

"Sana nga Taguro ay hindi ka tulad ng iniisip ko."

"W-What!? Tss.. sino ka para pagsabihan at pag-isipan ako nga ganyan?!" inis na talagang tanong ko.

"Ahh yeah.. nakalimutan ko.. Ako nga lang pala ang may gusto nito.. Sorry.." blangko ang mukhang sagot nya at saka mabilis na tinalikuran ako..

Hindi kita maintindihan..

Pinanood ko pa syang makalayo at nung makalayo sya ay saka ako naglakad pasunod sa kanya nang biglang..

CLAP

CLAP

CLAP

Dahan dahan akong napalingon sa tagiliran ko..

Kim??

Taka akong tumingin kay Kim.

"Anong ginagawa mo dito?" seryosong tanong ko sa kanya.

"I was about to leave.. but then I saw you.. I heard you.."

"Tss.."

"So totoo nga??"

"Ang alin?"

"Wag ka ng mag maang maangan pa Taguro dahil alam ko na lahat.."

Sinabi ni Sensui!?

Gulat akong napatingin sa kanya at mabilis naman nya akong siniringan!

"Yes.. I know everything.. I know that Deib *'likes'* you.." sarkastiko pang dagdag nya at nanatili akong tahimik! "**Now tell me.. bakit hindi mo masagot yung tanong ni Deib kanina?? Hmmm.. hindi ka pala nag-aangkas sa motor mo ah?? At si Deib pa lang ang unang naisakay mo?? How sweet..**" pang-iinis nya pa. "Pero bakit nga ba?? Iniangkas mo pa yung Kev Gonza ng Luna na yun?"

"Why do you care?"

"Hmmm.. I really don't care that much.. lalo na sayo at sa Kev na yun.. I care about Deib.. and I wanna know what he wants to know.. So tell me.. bakit mo inangkas ang Kev Gonza na yun?"

"Hindi mo na kelangang malaman pa.."

"Come on Max.. tell me.. Kung ayaw mong pag-isipan kita ng masama.. sabihin mo na sakin.." sarkastiko pang dagdag nya.

"Libre kang pag-isipan ako ng kung anu-ano pero hindi ko responsibilidad ang ipaliwanag sayo ang nakikita mo.."

"Hahahaha.. okay lang rin ba'ng *'ako'* na lang ang magpaliwanag sa sarili ko??"

"Your choice."

"Hahahaha.. ang weird mo talaga.."

Hindi ko na naman sya sinagot..

"Hindi pa rin ako makapaniwala alam mo ba yon?!" sarkastiko pa ring sambit nya. **"Na si Deib na dating akin ay mapupunta sa basura'ng tulad mo.. Look at you.."** sabi nya na tinignan pa ako mula ulo hanggang paa. **"You're nothing but a trash.. mula ulo hanggang paa, mukha kang basura.. Hindi ko naman malaman kung anong nangyari ba naman kay Deib at nagustohan ka ngang talaga?? Nachallenge sa personality mo, maybe?? Hahahahahahaha.."**

"Tsk.. hindi ako interesado sa mga sinasabi mo Kim.. baka pwedeng mauna na muna ako kasi sa basketball ako interesado!?" inis na sagot ko sa kanya.

"Wait.. I wanna talk to you pa e hahahaha.." pigil nya sakin. **"Bakit nga ba hindi mo masabi kay Deib na susunduin mo ang Kev na yun?? Bakit hindi mo sya masagot kung bakit.. inangkas mo ang Kev Gonza na yun!?"**

"It's none of your business Kim.."

"Deib.. is my business here!" biglang galit na sigaw nya sakin! **"You have no idea how much I am hurting right now.. and seeing him hurt because of you makes me think of killing you now!"**

"Tss.. sinong tinakot neto.." bulong ko pa sa tagiliran ko..

"A-Are you talking to someone!?"

"My imaginary friend thinks you have some serious problems.." pag-aasar ko sa kanya.

"W-What!?"

"Look Kim.. wala akong oras sa ganito okay?! Tigilan mo na ako.." sabi ko at tinalikuran sya pero..

"Sandale!!!" malakas na sigaw nya habang pinipigil ako!

Tibay..

"I want to speak with you! I'm not done yet!"

"Well then, whatever permission you thought you had to speak to me, I hereby remove!" singahal ko at muling tumalikod!

"S-Sinabi ng sandale!" sabi nya na humarang pa sa daraanan ko. "Wag ka ngang mayabang!?"

"Tss.. anong yabang don!?"

"Makipag-usap ka kasi sakin ng matino! Wag mong pairalin sakin yang yabang at kabaliwan mo!"

"Ano bang nangyayare sayo!?" inis na tanong ko!

"Ang kapal ng mukhang mong umasta ng ganyan sa harap ko?! Matapos sabihin sakin ni Deib na may gusto sya sayo----gaganyanin mo sya sa harap ko!? Ang kapal ng mukha mo!"

"E sino bang may sabi sayong panoorin mo kami!"

"Ha! Ang kapal talaga ng mukha mo! Akala mo kung sino kang maganda?! Mukha kang basura! Ang kapal kapal mo! Porket may gusto si Deib sayo---sasaktan mo na sya ng ganyan?!"

Nasaktan ko na ba talaga sya agad sa ganon? Hindi nya kasi naiintindihan e.. hindi naman kasi yun tulad ng iniisip nya e! Tsk!

"You don't know how much it hurts me to see him like that! Ang kapal ng mukha mo!"

"If I hurt your feelings in any way I just want you to know, from the bottom of my heart that I don't care..." sabi ko at tinalikuran sya.

"N-No! No! Harapin mo ko.." humarang na naman sya. **"Sabihin mo sakin.."** parang nanghuhuli pang dagdag nya. **"Bakit ganyan ka?"**

"Tss.. anong klaseng tanong ba yan?"

"Bakit mo ginanon si Deib!"

"E ano bang pakialam mo!?"

"What!?"

"Tss.. Kim.. kung ano man yung sa inyo ni Deib.. labas ako don.. kaya kung ano man yung samin.. mas lalong labas ka don.. wag ka ng magtanong kung ayaw mong masaktan!"

"Ha! Ang kapal talaga.." hindi makapaniwalang singhal nya pa habang galit na nakatingin ng deretso sakin. **"Tanga ka ba?! Hindi mo man lang**

ba naramdamang nagselos si Deib sa ginawa mo kanina?! At kaya ako nagkakaganito ngayon dahil nasasaktan rin ako dahil nakikita ko syang nasasaktan ng dahil sayo!"

"Edi alisin mo yung sakit na nararamdaman nya! Anong kinalaman ko sayo?! Masaktan ka man o hindi---wala akong pakelam!!!" sigaw ko at mabilis nyang naiangat ang kanang kamay nya para isampal sakin pero mabilis kong nasangga yun! **"Hindi ba't sinabi ko na sayo noong wag na wag mo ng uling padadampiin ang mga palad na yan sa pisngi ko dahil hindi mo magugustohan kapag palad ko ang lumipad sa pisngi mo.."**

"Ang kapal ng mukha mo!"

"Pero.. mas makapal pa rin ang mukha mo.. Yung sakit na nagawa ko ngayon.. maski 1/8 nung ginawa mo kay Deib ay hindi matutumbasan nun.. Yung sakit na ginawa mo sa kanya.. nasampal mo ba ang sarili mo ng dahil don?? Nasabihan mo ba ang sarili mo ng makapal ang mukha ng dahil don!?"

"You're unbelievable.." namamangha kunwaring sagot nya.

"Go be stupid somewhere else Kim.. I've no time for this.." sabi ko at nagtuloy sa paglalakad.

"Just answer me.." madiing pagkakasabi nya dahilan para mapahinto ako. Mabilis na naman syang pumunta sa harap ko at deretsong tumingin sa mga mata ko.. **"Are you in a relationship with Kev Gonza?"**

"No.." mabilis na sagot ko.

"Ha.." hindi makapaniwalang singhal nya at saka ngingisi ngising tumingin sakin.

Anong nangyari dito?!

"I can't believe this.." mahinang dagdag nya pa habang parang natatawang tumitingin sakin! "**You don't like him.. don't you.."**

Hindi ako nakasagot sa deretsong tanong nyang yun habang bahagya pang nakangisi na parang hindi makapaniwala..

Hindi ko sya sinagot..

"Damn you.." mahinang usal nya pa. **"I hate you!"** sigaw nya pa.

Hindi na naman ako nakasagot..

"Ha.. It's not Kev.. it's not Deib.. So who?? Who!!!"

"Shut up Kim.."

"I knew it.." parang baliw na tatango tango pa si Kim habang kunwaring nakatawa'ng sagot sakin. **"I knew it.. I was right.. It's Randall, isn't it??"**

"I said shut up.."

"Ha!! Ang kapal ng mukha mo... ang kapal kapal ng mukha mo!"

Hindi ko na sya pinansin at mabigat ang loob na nagtuloy na ako sa paglalakad pabalik sa Basketball court.

Hindi ko alam kung bakit pero.. Si ***SENSUI*** agad ang hinanap ko..

At hindi ko sya makita..

OceanofPDF.com

CHAPTER 110 : INTERHIGH

DEIB'S POV

Five minutes na ang nakakalipas pero wala pa rin si Taguro.

Saan ba kasi pumunta yon!?

Inis akong tumingin ulit sa relo ko habang paikot ikot sa harap ng bench.

5 minutes pa.. kapag hindi ka dumating.. Susundan na talaga kita!

"Hoy ano ba! Maupo ka nga! Bat ba di makale dyan?!"

Gulat akong napatingin sa sigaw na yun ni Parrot.

"E-Eh ano bang pakelam mo?!"

"Ahhh.. kaya naman pala.. Hindi makatiis?! Sya sundan mo!"

Grabe 'tong babae'ng 'to..

"A-Ano bang s-sinasabi mo dyan?!"

"Sige.. tangge lang ng tangge!! Wala namang nakakarinig kaya wag ka ng umarte!"

"Sinabi nya bang babalik sya?!" mayabang pa'ng tanong ni Parrot.

"O-Oo.."

"Eeeehh ayun naman pala e! Kapag sinabi nyang babalik sya.. kahit magbasag ka ng walumpung bote kaiintay.. babalik yun!"

"S-Sigurado ka?"

"Sino ba kaibigan? Ako o ikaw?!"

"I-Ikaw.."

"Edi malamang mas kilala ko yun kesa sayo!"

"T-Tch.."

"Umupo ka na nga!"

"E sa a-ayaw kong maupo---bakit ba nakikialam ka?! Ikaw ang maupo!"

"Kanina ka pa kasi paikot ikot dyan! Nahihilo ako sayo!" sigaw nya pa!

"Oo nga naman Deib.. bakit di ka maupo??" biglang tanong ni Lee at nagulat naman ako.

Narinig nya kaya yung mga sinabi ni Parrot?!

"May inaantay kase.." bulong pa ni Parrot at inis naman akong tinignan sya.

"Huh??" tanong ni Lee sa kanya.

"Huh?! Hamon!" sigaw ni Parrot sa mukha ni Lee at natawa naman si Lee sa kanya.

"Hahahaha.."

"Psh.. geh tawa.. Kapag ako nagtawag ng mga tropa ko dito sa BIS.. bugbog ka.." mayabang pang sabi ni Naih sa kanya.

"Tsh.. Dito ka nga pala noon ano?" si Lee.

Napapabuntong-hininga naman akong napaupo na lang sa bench at walang humpay ang tingin sa relos ko.

Wala pa naman syang cellphone.. Tsk! Saan ba kasi pumunta yon? Ang tagal naman..

"Oo.. kaming dalawa ni Max.." si Parrot.

"Alam ko.." si Lee.

"Baket?! Bawal ipaalam ulet?!

"Hahahahah.. you're funny.."

"And you're not!"

"Hahahaha.. Why did you transfered to BIS then??"

"Because I want to!"

"Of course you want to.. and the reason behind that is??"

"I failed to pass my third year here in SIS! Hehehehe.. tama ba English ko ha? Hahaha.."

"You failed?? Bakit naman??"

"Teka nga.. kinikilala mo ba ako ha!? Interesado ka sakin noh!?"

"Tsh.. assuming.." natatawa'ng singhal ni Lee sa kanya.

"Psh.. denying!"

Inis pa akong napalingon sa kanilang dalawa at tinignan sila isa-isa pero mukhang busy'ng busy sila'ng kausap ang isa't isa at wala ng pakialam sa paligid nila.. Sinulyapan ko sina Tob at Michiko at mukhang busy rin sila sa pinag-uusapan nila! Ganon rin naman yun dalawang bakla!

Badtrip! Nasaan na ba kasi yon!? Nadedelay ang love life ko.. hehehehe..

Nakaramdam ako ng matinding lungkot kasabay ng konting inis at konti ring inggit..

Gayunpaman...

Mas lamang ang SAYA na nararamdaman ko hehehehehe!!!!

Hihintayin kita Taguro.. pero kapag hindi ko na matiis.. pupuntahan na talaga kita.. Hehehehe.. magalit ka man.. mawawala rin yan hehehehe!

"Zarnaih!!!"

Sabay sabay kaming napalingon nung biglang may sumigaw mula sa gilid ni Lee.

"Oh.. Saruuuuhhh!!!" malakas na sigaw ni Parrot at saka mabilis na tumayo at sinalubong yung...

Tinignan ko sya mulo ulo hanggang paa..

Tsh! Tomboy!?

Maputi..

Maikli ang buhok..

Matangkad..

Payat..

Lalaki kung manamit! Pero eksakto lang sa katawan nito..

Sana man lang ay ganyan rin kaayos manamit si Taguro kahit papano.. Tch!

Malalaman mong tomboy sya dahil sa pananamit at kabuuan ng itsura nya.. Pero kahit tomboy nga sya.. maayos ang pananamit nya dahil sakto lang sa katawan nya at hindi katulad ni Taguro na malalaking T-shirt at maluluwang na pantalon ang suot!

Baduy!

"Nampucha naman oh! Sabe ko naman sayo kokontakin mo ko pag may laro kayo e! Alam mo namang may pasok kami e!" sigaw pa ni kay Parrot.

"Hahahaha ano ka ba naman! Alam mo rin namang player kami ni Max e! Matik na yun syempre! O kumusta na ba?! Lalaking lalaki na tayo ah!? Hehehe.."

"Eto okay naman, susunduin ko nga sana yung chic ko kasi gusto daw nyang manood ng basketball.. tsk! Puro lalake lang naman ang titignan non! Oh.. balita ko nanalo daw si Pein kay Sam ah!? At ikaw talo??? Na naman!?"

"Pakyu! Hahahaha! Oo! E ano pa nga ba?! Hindi naman ako sing galing kasi nun talaga.. pero sana hindi mo na ipinapaalala di ba?! Sino bang chic mo?!"

"Nandyan lang yun hehehe.. si Precy.. Nasaan si Pein? Wala na ba kayong laro? Kelan ulit??"

"Mamaya pa lang ipopost yung sched para bukas e.. itetext ko sayo kung meron bukas pero sa tingin ko ay meron hehehe.. Dapat manood ka kasi hanggang friday lang kami dito.. Next week sa BIS na ang venue, mas hindi ka na makakapanood.. Heheheh!"

"Tsk.. sa kulet nung jowa ko tol imposible.. Malamang sa malamang magyaya pa yun don sa BIS!"

"Hahahaha edi maganda! Mapapanood mo ko!"

"O e nasaan nga si Pein!?"

"Bakit pa sya na lang lagi hinahanap mo!? E nandito na nga ako!"

"Hahahaha kung sya rin ang kaharap ko ngayon ay ikaw ang hahanapin ko.. Hindi lang ako sanay ng hindi kayo magkasama.. hehehe.. Namimiss na rin pati namin sya.. hindi man lang kasi kayo makadalaw dito! Hindi rin malaman kung san kayo hahagilapin! Daig nyo pa killer sa pagtatago e!"

"Psh! Hindi ko nga rin alam kung nasaan e hahaha.. sabi nya may pupuntahan lang daw sya pero babalik rin yun hehe.."

"Sus.. sino namang pinuntahan!? Baka si Randall!? Hahahaha!"

A-Ano!?

"H-Hoy.. wag ka ngang maingay baka may makarinig sayo.. kasama naming yung kapatid ng girlfriend ni Randall.."

"Ha?? Sino dyan!?"

"Yung gwapo sa likod ko.." dinig ko paring sabi ni Parrot don sa tomboy na tinawag nyang Saruh.

"Sino dyan!? E gwapo lahat yan e!"

Ano pa nga ba!?

"Basta.. isa sa mga yan hehehe.."

"E ikaw? Wala ka pa rin bang boyfriend??"

"Hahahaha.. wala pa.. Bakit?! Bibigyan mo ba ako!?"

"Hahahaha.. hindi na kita kailangang bigyan dahil andami namang nagkakagusto sa inyo ngayon dito.. kung san san ko nga naririnig yung mga pangalan nyo e.. Lalo na yung kay Maxpein hahaha.."

Sino namang nagkakagusto sa kanya!? Bukod sakin sino pa?! Badtrip! Hindi naman sya maganda! Talentado lang talaga sya! Mga walang taste!

Hindi ko maintindihan kung bakit ganon na lang ang inis na naramdaman ko nung marinig ko ang sinabi nung tomboy na yun kaya naman mabilis akong tumayo at naglakad palayo..

"Hey, where are you going?" tanong ni Lee na humabol pa sakin.

"Hahanapin ko si Taguro.."

"Huh? Why?"

"Because I want to.."

"Does that mean that you want her too?" nakangisi pang tanong nito. Tinignan ko lang sya ng masama at saka ako inis na naglakad papalabas.

Kasama nya nga kaya si Randall??

Alam nya ba kung panong nakakabwisit sa pakiramdam yung parang halos na lang yata ng students dito e alam yung tungkol sa kanila ni Randall!? Nakakabadtrip yung sa twing maririnig kong babanggitin nila yung pangalan mo.. kasunod na yung pangalan nung Randall na yun! Tapos niloko ka lang naman! Badtrip!

Inis akong nagtuloy sa paglalakad ko at hindi ko maintindihan kung bakit pakiramdam ko ay tama ang ginagawa kong pagtahak sa daan papalabas ng SIS..

Hindi na ako kalayuan sa gate ng SIS nung marinig ko ang tunog ng motor ni Taguro at maya maya lang ay dumaan na sila sa harap ko..

Nakaangkas si Gonza sa likod nya na mukhang enjoy na enjoy sa pagkakasakay sa motor nya!

Akala ko ba hindi sya nagsasakay sa motor nya!? Badtrip!

Nakaramdam ako ng matinding inis at halos wala ng paglagyan ang inis ko!

Ramdam ko rin ang pagkakakunot ng noo ko! Kung makikita ko lang sigurado ang sarili ko ay makikita kong hindi na maipinta ang mukha ko!

Inis akong naglakad pa ng bahagya papalapit sa gate kung saan alam kong madali nila akong makikita dahil don ang daan nila..

Kitang kita ko pa kung paanong pinagmamasdan ni Taguro si Gonza hubarin ang helmet at iabot pabalik sa kanya saka tuwang tuwa parang bata na hinimas pa ang motor nya!

"Wooohh! Ang cool mo grabe hahahaha! Ang bilis pero swabe! Ang astig nitong motor mo ah! Mahal siguro yan!?" sabi ni Gonza na nakangiting bumaling kay Taguro.

"Bilisan mo na.. baka malate ka.."

"Hehehehe.. kelan ba natin uulitin 'to?!"

"Hindi na..." seryosong sagot ni Taguro at saka eksaktong bumaling papaharap sa gate at nagtama ang paningin namin..

"Oh?? Si Enrile pala 'to e.. Hehehehehe.. sinundo lang naman ako ng *'Destiny'* ko.. ano ka ngayon!? Hehehehehe.."

Hindi ako nagsalita at nanatili kay Taguro ang paningin ko. Pilit kong itinago ang inis at kaunting galit na nararamdaman ko. Pilit ko ring ginawang mahinahon ang sarili ko bago tuluyang tumitig sa kanya.

Sa oras na 'to ay hindi blangko ang mukha ni Taguro.. Nananatili syang nakatingin rin sakin at animong binabasa ang mga emosyon sa mukha ko munit sadyang wala syang makita..

Tumingin pa muna sya sa kabuuan ko at saka bumaling kay Gonza.

"M-Mauna ka ng pumasok.." sabi ni Taguro sa kanya.

"Ha? E-Eh pano ka?" sagot naman ni Gonza.

Badtrip ka! Makakalakad naman yan mag-isa kahit wala ka! Tch!

"Susunod ako.."

"Sigurado ka?"

"Mmm.."

"Manood ka ng laro ko ah?"

"S-Sige.."

Bakit ganon na lang sya kabilis mapapayag ng bubwit na yan tapos ako??? Tsk! Peste!!

"Hihintayin kita.." nagpapacute pang sabi ni Gonza!

"Sige na.. pumasok ka na.. magsstart na ang game nyo.."

"Hihintayin kita.. naiintindihan mo??" ulit pa ni Gonza na bahagya pang lumapit sa mukha ni Taguro dahilan para maiiwas ko ang paningin ko!

Simpleng bagay lang naman ang ginagawa nya e.. pero bakit hindi ko magawang tignan!?

"Magpalit ka ng uniform mo.. yung malinis.."

"Yes destiny! Masusunod po hehehe.. see you.. mwah!"

Bakit!? Bakit kailangang sya pa ang magpaalala sa kanyang magpalit ng damit?!

Ramdam ko ang pagsalubong ng kilay ko pero panandalian lang yun dahil agad kong ibinalik sa blangko ang itsura ko!

Nakaramdam ako ng mas matinding inis pero sa tingin ko wala na akong magagawa dito..

Pilit kong kinalma ang sarili ko..

Sanayan lang yan Deib.. Wala kang karapatan kay Kim noon.. mas wala kang karapatan ngayon..

Nakaramdam ako ng kaunting kirot sa dibdib ko dahilan para mas mangibabaw ang galit na nararamdaman ko pero sinikap kong pigilan ito..

Pinanood ko pa si Kev hanggang sa makaalis.. at saka ako muling bumaling kay Sensui.

"A-Anong ginagawa mo dito?" seryosong tanong ni Taguro na bumalik ang pagiging blangko ang itsura. **"S-Sinundo ko sya sa ospital kasi may laro sya.."**

"Tch.." hindi ko napigilan ang suminghal sa kanya. Hindi ko alam kung anong sasabihin ko. Hindi ko maintindihan kung bakit kailangang gawin nya pa 'to.

Sana naisip mo man lang na magseselos ako..

"Tara na don.. manood na tayo.." mabilis na sabi nya at saka naglakad makalampas sakin pero agad ko naman syang hinabol at tiningala nya ako. **"B-Bakit??"** tanong nya.

"Akala ko ba hindi ka nag-aangkas sa motor mo?" pigil na pigil ang inis at emosyong tanong ko. Kailangan kong pigilan ang nararamdaman ko dahil baka kung anong masabi ko at isumbat nya saking wala akong karapatang gawin yun..

"M-May laro sya.. galing pa kami sa SISH.. b-baka malate sya kung paglalakarin ko pa sya---"

"Pwede naman syang magtaxi.."

"Sa ganitong oras kasi ay madalang ang taxi na dumadaan sa harap ng SISH.."

"Hindi mo naman obligasyong sunduin sya.."

"O-Oo nga pero.."

Kusa syang huminto sa pagsasalita!

Halatang wala syang masabing dahilan!

Mas nakaramdam ako ng inis pero sa oras na 'to.. hindi na inis ng dahil sa selos..

Inis dahil pakiramdam ko.. alam ko na ang dahilan kung bakit nya ginagawa 'to..

"Pero??" seryosong tanong ko.

"N-Nasundo ko na e.."

"Bakit mo sya sinundo?"

"E-Eh bakit ba nagtatanong ka ng ganyan?? H-Halika na.. bumalik na tayo don.."

"Sagotin mo yung tanong ko.."

"Hindi naman kasi big deal yun.."

"Big deal sakin yun.."

"H-Hindi big deal sakin yun Sensui.."

"Ang sabi mo sakin hindi ka nagsasakay sa motor mo at maswerte ako dahil ako pa lang ang nakasakay sa motor mo.. pero bakit parang ganon na lang kadali sayong isakay sya? Lasing ako nung makasakay ako dyan samantalang sya parang enjoy na enjoy pa?? May gusto ka ba sa kanya??" hindi ko na napigilan ang sarili ko munit pinananatili ko ang pagiging kalmado.

"Wala!" deretsong sagot nya.

"Tch.."

"Wala nga!" inis na sigaw nya sa mismong mukha ko.

Hindi ko maipaliwanag ang kakaibang init na biglang dumaloy sa buong mukha ko..

Pakiramdam ko ay nagtatayuan ang lahat ng balahibo ko at kusang nababasa ang mga mata ko.

Yeah right Deib.. Hindi nya sinabing magkagusto ka sa kanya.. Hindi nya sinabing gustohin mo sya.. Mas lalong hindi nya sinabing sundan mo sya ngayon para makita mo ang lahat ng nangyari na..

Pinigil ko ang luhang hindi ko malaman kung anong dahilan kung bakit kailangang tumulo..

Ramdam ko ang pamamanhid sa buong katawan ko..

Parang hindi ko na kailangang magtanong.. dahil kilos mo na mismo ang sumasagot..

Bumuntonghininga ako at saka muling tumitig sa kanya..

Hindi ko lang talaga inaasahang ganito pala kapangit sa pakiramdam..

"W-Wag mong ipilit yang iniisip mo.. wala akong gusto sa kanya at hindi ako tulad ng inisiip mo.." dagdag nya pa.

"Sana nga.."

"Anong sana nga?" pigil ang inis na tanong nya.

"Sana nga Taguro ay hindi ka tulad ng iniisip ko."

"W-What!? Tss.. sino ka para pagsabihan at pag-isipan ako nga ganyan?!"

"Ahh yeah.. nakalimutan ko.. Ako nga lang pala ang may gusto nito.. Sorry.."

Hindi ko na napigilan ang sarili kong magbitiw ng mga salita..

Hindi ko matandaan kung anong mga sinabi ko dahil ang alam ko lang ngayon..

Nasasaktan ako.. kahit wala naman akong karapatan.. Bakit ganon?? Tch..

Mabigat ang kaloobang naglakad ako papabalik sa high school campus ng SIS.

HIndi ko rin maipaliwanag lungkot na nararamdaman ko..

Masyadong malungkot..

Bakit ko pa kasi kailangang pumunta don kung ganon lang rin naman pala ang makikita ko???

Bahagya pa akong lumingon sa pinanggalingan ko pero wala akong nakitang Taguro'ng naglalakad kasunod ko..

Wala talaga syang pakialam sayo Deib.. Accept it.. Nahulog ka sa sarili mong kalokohan at yang nararamdaman mo mismo ang karma mo..

Pero bakit pakiramdam ko.. kahit ganito ang nararamdaman ko.. masaya ako na ikaw ang nagustohan ko?

Tanga na kung tanga.. Baliw na kung baliw.. Masakit man sa dibdib.. titiisin ko na lang h-hehehe.. Masaya pa rin ako dahil sayo ko naramdaman lahat 'to..

Hindi na ako dumeretso sa court at mabilis akong dumeretso sa room namin ng teammates ko at saka ako nahiga sa isa sa mga table na nandon dahil pakiramdam ko.. pagod na pagod ako..

Maya maya pa..

"Oh.. nandito ka pala Sensui e?!"

Hindi ko namalayan ang sarili kong nakatulog pala ako..

"A-Anong ginagawa mo dito!?" takang tanong ko sa kanya.

"Ikaw.. anong ginagawa mo dyan!?" salubong ang kilay na tanong nya pa sakin. **"Natutulog ka!?"**

"E ano bang pakialam mo?" iiling iling na tanong ko.

"Hahahaha.. nakakapagod ba!?"

"Tch.. umalis ka nga dyan!"

"A-Ang sungit neto.. hinahanap ko si Lee noh! Hindi ikaw!"

Si Lee?! Bakit nya naman hahanapin yon!? May gusto ba talaga sya don!? Tch..

"Nakikita mo namang wala sya dito di ba!?"

"Hindi mo ba nakita!?"

"Tch! Nakita mo ng natutulog e---"

"Alam mo?! Ang sama ng ugali mo! Kinakausap ka ng maayos pero ni hindi ka man lang sumagot ng maayos! Hindi ka ba pwedeng

kausapin ng hindi sarkastiko parati ang dating!? Psh! Kay Max ba ganyan ka rin ha?!"

Hindi ako nakasagot!

"Ayyysssuuuss.. nawala lang si Taguro.. nag-init na ang ulo.." bulong nya pa!

"A-Anong sabi mo!?"

"Wala!" sigaw nya agad!

"E ano pa bang ginagawa mo dito!? Wala nga si Lee dito kaya umalis ka na lang!"

"Hindi mo ba talaga sya nakita??" biglang lungkot na tanong nya.

"Hindi nga! Bakit ba patay na patay ka don sa kaibigan ko?!"

"H-Hoy! Anong patay na patay ang sinasabi mo dyan!? Hindi porket inlove ka.. lahat ng tao tulad mo na!"

Anong ibig nyang sabihin?!

"H-Huh!?"

"Huh your aaaassss!!!! Hmmm.. bakit nga kaya hindi na lang ikaw ang yayain ko?!"

"H-Huh!? Yayain saan?!"

"Kailangan kong umuwi ng bahay e.. hindi ko pwedeng dalin yung motor ko dahil.... ahh basta mahabang kwento! Pwede mo ba akong samahan?? Promise ikukwento ko habang nasa sasa---"

"No way! Ayaw kitang kasama!"

"W-Wow ah.. hahaha.." dinig ko pang mahinang usal nya. **"S-Sige na Sensui.. a-ayaw mo ba non?? M-Makakarating ka sa bahay namin ni Taguro.. at kapag nagkataon.. ikaw lang ang nakapunta don!"**

"A-Anong ibig mong sabihin??"

"Kailangan ko kasing umuwi sa bahay.. may titignan ako.. importante lang.. Hindi ko pwedeng dalin yung motor ko.. Si Lee kasi sana ang yayayain ko dahil mas madali syang kausap kesa sayo.. si Tob kasi ay busy sa pamamanhikan kay Michiko.. since ikaw na lang ang last resort ko.. kakainin ko na ang pride ko at kakapalan ko na ang mukha ko.. sige na.. samahan mo na ako.. Promise.. ikaw lang ang makakapunta sa bahay namin ni Taguro.." nakangisi pang dagdag nya.

"P-Pano nangyari yon?! H-Hindi pa nakakapunta si Randall don!?" takang tanong ko.

"Engot ka ba?! Alam mo ng *'ex'* yun e.. bakit makakapunta yun don!?"

"T-Talaga!?"

"Psh.. ikaw pala ang patay na patay kay Taguro e! Hahahaha!"

"H-Hoy---"

"Halika na kasi! Samahan mo na ako! Hehehe! Bilis!"

"P-Pero---"

"Babalik rin naman tayo dahil yung motor ko.. nandito! Dali na!"

"T-Teka!" sigaw ko matapos nya akong hatakin papatayo! **"Wag mo kong hawakan!"**

"Hahahaha.. sus.. arte naman nito.. Mamahalin ba ang lotion mo ha?!"

"A-Ano!? H-Hindi ako naglolotion!"

"Hahahaha.. o e wag ka ng umarte dahil mas malinis at maganda naman ang kamay ko kumpara sayo!"

"Manahimik ka kung gusto mong samahan kita!"

"Hahahaha! Oo naman! Kaya nga bukod sa kamay ko.. wala ng ibang maganda sakin.. nasa iyo na lahat.. lahat lahat hehehe.."

Tinaasan ko lang sya ng labi at saka inis na sumunod sa kanya! Bagsak ang balikat na naglakad ako kasunod nya..

Ibig nyang sabihin.. hindi pa nga nakakapunta si Randall sa bahay nila?!

Kapag nagkataon ako na naman ang una heheheheh..

Pero hindi kaya???

Baka ang sunod na naman ay si Gonza!? Badtrip!

"H-Hoy!" habol ko kay Parrot at nakangiti naman syang inantay akong makasabay sya. **"B-Bakit a-ako pa lang ang makakapunta sa inyo??"**

"Ha??"

"I-Ibig kong sabihin.. bakit hindi kayo nagpapapunta sa bahay nyo??"

"Ahh.. ang totoo.. si Maxwell at yung Lolo pa lang ni Maxpein ang nakakapunta sa bahay bukod sa parents ko.. hindi mo kasi naitatanong e.. para kaming kriminal na nagtatago hahaha.."

"H-Ha?? Bakit?!"

"Mahabang istorya e.."

"E akala ko ba ikukwento mo!?"

"Ayy sinabi ko ba yun??"

"OO!" inis na sagot ko na napahinto pa sa paglalakad!

"Hahahaha.. oo sige sige.. ikukwento ko basta bilisan mo hehehe.." sabi nya pa at saka kami naglakad pero...

"Teka.." tawag ko sa kanya.

"Oh?!"

"Nandito yung kotse ko.." sabi ko habang nakaturo sa kabilang gate ng SIS.

"Ahh hehehe.. sabe ko nga.." biro nya pa at saka sumunod sakin. Pagdating naming don ay mabilis na syang naglakad. **"Ayun ang kotse mo di ba!? Buksan mo na.. sasakay na ko bilis.."**

"Tch.." inis akong binuksan yun at agad naman syang sumakay.

"Hoy! Bilisan mo na! Nagmamadali ako e!" dinig kong sigaw pa ni Parrot kaya naman nag madali na rin akong pumasok..

"Saan ba ang inyo!?" inis na tanong ko.

"Basta magmaneho ka.. sasabihin ko sayo kung nandun na.."

"Tch! Baliw ka ba?!"

"Oo.. hehehehe.. basta deretso palabas ng SIS then kaliwa makalampas pa ng BIS.."

"Tch.." inis kunwaring singhal ko pero alam kong makalampas pa samin ang bahay ni Taguro hehehe.

"Buksan ko ang sounds mo ah!?" nakangiting sabi nya na pinindot na ang player ko at mabilis ko namang tinapik ang kamay nya! **"A-Aray!"** nakangusong singhal nya sakin!

"W-Wag ka kasing nangingialam sa loob ng kotse ko----"

♫ ♪ ***'I wanna believe in everything that you say.. cause it sounds sooo goood.. But if you really want me.. move slow..'*** ♪ ♫

"Edi ipapatay ko na---"

"H-Hindi na.. hindi na.. O-Okay na.." awat ko sa kanya matapos nya umastang papatayin ang player.

"Grabe! Ang wirdo mo rin e noh!?" sarkastiko pang tanong nya sakin!

"A-Ano na nga ulit yung kinukwento mo??" tanong ko.

"Psh.. wala!"

~PREEEEEEEEEENK!!!~

"Aaaaaahhhaaayyyy!!!!!" malakas na sigaw nya matapos kong biglang ihinto ang kotse! **"Ano ba!"**

"Magkukwento ka ba o hindi?!" inis na tanong ko.

"Magkukwento na!!! Letse ka!"

"Ako pa talaga letse ah!? Hoy! Baka nang-aabala ka lang!"

"Oo na! Kabuset!" pabulong na sabi nya pa! **"Deretso lang!"**

"O e bakit nga hindi kayo nagpapapunta sa bahay nyo?"

"E ayaw ni Taguro e! Nangengelam ka!"

"Magkwento ka kasi ng maayos!" inis na sabi ko at pinandilatan nya naman muna ako ng mata saka bumuntong-hininga at salubong ang kilay na nagkwento!

"E kasi nga.. galing ng Korea si Taguro! Ayaw nyang ipaalam sa parents nyang nandito na sya kaya naman nung nakabalik na sya, nagrent sya ng apartment sa natitira nyang pera! Hindi pa actually yung pupuntahan natin ngayon ang unang apartment nya! Lumipat lang kami dyan matapos kong yayain sya na sasama ako sa kanya!"

"A-Ang gulo! Bakit naman ayaw nyang magpakita sa family nya?"

"Kasi nga di ba?! Nakita mo naman kung pano si Maze sa kanya?! Dagdag mo pa si Chairman!"

"E akala ko ba hindi naman madalas dito yung mga yon? E anong problema nya?"

"Aiissshh! Hindi nga sila madalas dito.. pero sa ugali'ng yun ni Maxpein sa tingin mo tutuloy yun sa bahay nila?!"

"P-Pwede naman di ba??" takang tanong ko.

"Pwede! Pero dahil nga sa wirdo ang utak nya---ayaw nya! Alangang pilitin ko pa syang umuwi sa kanila? E isa't kalahati pa akong may gapak sa ulo! Ayaw kong magstay sa bahay namin! Gusto ko dito sa malayo!"

"Ha?! Pano naman napunta sayo ang kwento!?"

"Ayaw ni Taguro'ng umuwi sa kanila okay?! Dahil hindi naman maayos para sa kanya ang samahan nila nung Lolo at Step-Mom nya kaya naman nagrent sya ng apartment! E nagkataon namang buryo'ng buryo na ako sa bahay kaya naman mula sa province namin ay bumalik ako dito sa Laguna at nagkita kami! Nung sinabi nya saking gusto nyang mag-aral edi nag-aral na rin ako! Nagsama na kami sa apartment kung saan kami nakatira ngayon! Sa madaling salita---pareho naming ayaw sa sarili naming bahay kaya nandyan kami! At para hindi kami masundan ng pamilya namin----hindi kami nagpapapunta! Naiintindihan mo!?"

"P-Pwede ba naman yun?! E mayayaman rin naman ang pamilya nyo.. bakit hindi kayo nagawang ipahanap!? Imposible!"

"Kaya nga sabi ko sayo.. bukod sa parents ko at Lolo ni Max palang ang nakakapunta don! Si Chairman Moon.. pinahanap nya ang bahay namin kaya nandon sya kagabi lang.."

"Tch! Bakit naman kasi kailangan nyo pang magtago kung pwede namang umuwi na lang.. You're making your life complicated!"

"Kumplikado para sayo.. dahil hindi naman tulad ng pamilya mo ang pamilya namin.." biglang seryosong sabi nya kaya naman natahimik ako. **"Hindi naman sa sinasabi kong complicated ang family ko.. actually, masaya ako sa pamilyang meron ako.. Ako lang talaga ang kumplikado.. Ayaw ko kasing makasama sila dahil wala naman silang ginawa kung hindi ang ikumpara ako sa Ate ko.. psh.. Sya na lang lagi ang magaling.."** bulong pa nito. **"Si Maxpein naman ay hindi ko masisisi dahil nga.. hindi naman sya welcome sa bahay nila.."**

Nagulat ako sa sinabi nya..

Ewan ko ba kung bakit may ideya naman ako sa katayuan ni Taguro sa buhay ng pamilya nya pero.. nagugulat pa rin ako sa mga bagong naririnig ko.

"A-Anong ibig mong sabihing hindi na sya welcome??"

"Haaayyss nakakainis naman.. w-wag ka maingay kay Max na nagkwento ako sayo ah!?" nakanguso at salubong ang kilay pang tanong kaya mabilis naman akong tumango! **"May bahay sila dito sa Laguna na kung tawagin ay Mansion.. Family house nila yun sa totoo lang.. pero dahil hindi tulad ni Maxwell na may sariling bahay na.. doon pa rin umuuwi si Maxpein.. Every year kung umuwi sina President and Chairman Moon.. Doon kasi sa bahay na yun.. may alalay si Chairman Moon na parating nakabantay kay Maxpein.. Limited ang galaw nya don at bawat gawin nya ay nakakarating sa mga Moon.. e nung minsang sinubukan nyang bumalik doon.. ang sabi nung alalay na yun ay ipapaalam na muna nya sa kay Chairman Moon.. ang kwento sakin ni Max.. umuulan non at nilalagnat na sya habang naghihintay syang pagbuksan sya ng gate nila.. kaso.. dumaan ang ilang oras at hindi pa rin sya pinagbubuksan.. kaya naman.. feeling nya hindi na sya welcome.. hindi nya na kailangang bumalik pa don.."**

"Tch! Bakit nila nagawa yun!?" inis na tanong ko at nagkibit-balikat naman sya.

"Pero dahil hindi pa naman ganon katigas ang ulo ni Max.. bumalik pa rin sya.. pero nung time na yun may apartment na syang tinutuluyan.. Ang sabi nya sakin that time ay nakapasok sya.. at nandon si Maze.. umiinom ng alak.."

"Tapos??"

"Hindi naman daw sya pinaalis ni Maze pero.. hindi rin naman daw ipinaramdam ni Maze na welcome na sya.."

"B-Bakit ganon?"

"Ewan ko.. ang totoo.. yan lang rin ang alam ko.. Hindi rin kasi palakwento si Maxpein e.. ayaw nyang magkwento.. hindi nya ugaling magkwento ng tungkol sa buhay nya.."

"Lahat ba yan dahil don sa nangyari sa kanila ni Randall??"

"Mmm.." sagot nya agad na tumango pa. **"Hindi kasi talaga gusto ng family nila pareho yung relasyon nila sa isa't isa.. parehong against e.. yun ang alam ko.."**

"Pero bakit kailangang umabot ng ganon yung kay Taguro? Samantalang si Randall.. p-parang hindi man lang nasermunan sa bahay nila??"

"Psh.. e si Randall ang nakipagbreak kay Max di ba? Iniwanan nya si Max para daw sa A-Ate mo.."

"Yun naman pala e.. bakit nagalit pa rin sila kay Taguro??"

"E kasi nga.. bumagsak kami pareho ni Max nung thirdyear kami.."

"E bakit nga ba bumagsak kayo!?" inis na tanong ko.

"Ang totoo.. yung sakin.. dahil lang naman sa billiards yun e.. Naadik kasi ako masyado.. haaayyss.. Pero hindi naman ako nagsisisi! Kasi nung naadik ako.. si Max parati ang kasama ko.. sa kanya ako nakakita ng tunay na kaibigan hehehe.."

"E-Eh si Taguro? Bakit sya bumagsak?"

"Dahil nga don kay Randall.."

"A-Ang gulo.."

"E kasi.. bago sila magbreak ni Randall.. meron syang sinisikap na makuhang tako---yun bang stick na ginagamit namin pangtira sa billiards?" tanong nya pa at tumango naman ako. **"Gustong gusto ni Randall yun at hindi yun available kahit saan.. Kaya naman sinikap nyang manalo sa billiards dahil don.. Kaso.. nakuha nya nga yun tako.. nakipagbreak naman sa kanya si Randall! Ang mas masama pa don.. sa sobrang kabibilyar nya.. hindi nya namalayang napapabayaan nya na yung studies nya kaya ayun.. bumagsak sya! E andami pa naman nyang bad records sa school.. dati na rin kasing nakikipag-away yun.."** mahabang kwento nya pa at nakinig naman ako. **"Ang totoo.. mas nauna syang bumagsak sakin.. pero ilang buwan lang rin ang nakalipas.. bumagsak na rin ako hahaha.. Kasi ako ang pumalit sa kanya don sa**

bilyaran haha.. ako na yung naging tambay at nakapagloko sa pag-aaral! Kaso wala na sya e.. nalaman ko na lang.. pinadala na sya sa Korea.."

Sa mahabang kwento ni Parrot na yun ay napagdugsong dugsong ko ang kakaunting nalalaman ko tungkol kay Taguro sa isip ko..

Nakaramdam ako ng awa sa kanya..

Bakit kailangang maging ganon ang trato nila sa kanya??

"Naaawa ka na siguro kay Max noh??" biglang tatawa tawang tanong nya pa at napalingon naman ako ulit sa kanya. **"Wag kang maawa dun hehehe.. hindi naman lolobo ng ganon yun kung dapat syang kaawaan ano.."**

Sabagay.. mataba sya nung una ko syang nakilala..

"Kaya rin kasi sya nagtrabaho para may kainin sya.. Hindi mo naman sya dapat kaawaan dahil madiskarte'ng tao naman yun.. mayabang pa at talented.. Kaya nyang mabuhay mag-isa pero mas mabubuhay sya kapag kasama ka hehe.. Pakikanan mo na dyan.. Dyan na yung village namin.."

"H-Ha?? Sige sige.." sabi ko pa na pinagmasdan ang labas ng village na yun. Derederetso akong pumasok dahil wala namang guard.

"Deretso ka pa don.." turo nya.

"Kahit dito ay wala gaanong nakakakilala samin hehehehe.. nakahelmet kaming umaalis.. nakahelmet ring umuuwi hehehehe.. Pakinanan mo ulit dyan.."

"Kahit sino.. w-walang nakakakilala sa inyo dito??"

"Wala rin naman kasi masyadong tao dito na parating nasa labas.. karamihan ng nakatira dito.. tulad naming estudyante o kaya naman mga may trabaho.. hindi uso ang tambay sa kalsada kahit na gaganiganito 'tong lugar na 'to hehe.. pakihinto mo dun sa may vintage na kotse.. haaayyss.." biglang mukhang inis na sabi nya at saka mabilis na bumaba at pumunta sa bintana ko. **"Mauuna na akong pumasok. Isara mong maige yung kotse mo dahil baka matsambahan ka dito.. bilisan mo.. hihintayin na lang kita sa loob.. wala naman kaming aso.."**

Matapos nyang sabihin yun ay natulala ako..

Ano daw?!

Kahit natulala ay sinunod ko pa rin ang sinabi nya. Maayos kong ipinark ang kotse ko sa harap nung bahay na pinasukan nya at sa bandang likuran naman nung vintage car. Bago umalis ay tinignan ko muna kung maayos ko

ngang nai-lock yung kotse ko at saka lilinga lingang pumasok sa loob nung bahay nila.

Maliit.

Masikip.

Pangmahirap.

Normal.

Walang espesyal.

Walang kulay.

Yan ang mga bagay na una kong napansin ko pagkapasok ko pa lang ng gate ng bahay nila.. Ang garahe ng bahay nila ay kasya lamang sa dalawang motor nila..

May mga sinampay na pajama's at naglalakihang tshirts ang shorts sa labas ng bahay na may kasamang twalya at kung anu-ano pa.

Nagkalat ang mga naghalu-halong tsinelas at sapatos sa maruming doormat na nasa harapan pa ng pintuhan.. Halos hindi ko na mabasa ang salitang *'WELCOME'* na nakasulat pa doon.

Bahagya pa akong kumatok nung tuluyan na akong huminto sa harap ng pinto..

"Pasok ka Sensui!!!" dinig ko ang malakas na sigaw ni Parrot.

Hindi ba awkward 'to?! Tch! Dadala lang kami sa bahay na 'to!

"D-Dito na lang ako sa labas!" bahagyang sigaw ko rin at laking gulat ko naman nung bigla syang lumabas mula sa isang lugar ng bahay na yun.

"Huyyy pumasok ka ano ka ba! Wag ka ng mahiya! Ang sabi nila kapag hindi tumutuloy sa bahay.. may nabubuntis! Pasok ka na! Kinuhaan kita ng juice oh.. eto.. upo ka.." sabi nya kaya naman tumuloy na ako. **"Oh ayan.. upo ka lang dyan.. babalikan kita----ay teka pala.. Alam ko may Stick-O pa dyan e.. yun na lang muna ang kainin mo ha??"** sabi nya at mabilis na bumalik sa pinasukan nya kanina!!!

Doon ko muling pinag-aralan ang paligid..

Maayos.

Maliwanag.

Walang alikabok.

Walang masamang amoy.

"Oh eto.. yan muna kainin mo.. pero magtira ka ng mga lima.. hehe.. Magagalit si Taguro kapag naubos yan.. Dyan ka muna ah!?"

Sinundan ko pa sya ng tingin nung umakyat sya sa hagdan at saka ako tumingin sa plastic na bote'ng inabot nya sakin..

Stick... O??

Hindi ko maipaliwanag ang tuwang naramdaman ko matapos kong hawakan yun..

Eto ang bagay na kinakain nya?? Hahahaha.. a-anong masarap dito?!' natatawang tanong ko sa isip ko at mabilis kong binuksan yun at saka ako kumuha ng isa at kinain yun..

Salubong ang kilay na inilapag ko sa tabi ko ang bote'ng yun at saka inubos na lang ang kinuha ko.

"Ano ba kasing ginagawa mo dito!?"

Napatingin ako sa hagdan nung marinig ko ang sigaw ni Parrot!

"Ano pa!? Edi titignan ka!" dinig kong sigaw rin ng isang boses babae!

May kasama ba sya?! Sino yon?

Hindi ko na yun pinansin pa at naupo na lang ako ng ayos sa... MATIGAS nilang sofa.

Magkakaiba pa amp.. Tch!

Oo.. magkakaiba ang sofa nila.. Red ang mahaba.. green at blue naman yung dalawang single! Tsk..

Pero bilib ako sa ayos ng book shelf nila na talagang may table at dalawang upuan pa. May mga kung anu-ano ring gamit sila na ginagamit sa pag-aaral..

"Bumalik ka na ng Cebu dahil ayaw kitang kasama dito!"

Ayun na naman ang sigaw ni Parrot!

"Nandito na ako kaya wala ka ng magagawa! At saka isa pa.. Pein knows me! Ako ang magbabayad nitong apartment at ganon na rin ang bills nyo wag kang mag-alala!" sigaw naman nung isang babae pa!

"Hindi ka namin kailangan dito dahil sagot nila Mom and Dad ang apartement at bills namin! Sobra sobra rin ang padalang allowance sakin kaya hindi ko na kailangan ng isang tulad mo na magshoushoulder ng bayarin ko! Marami ka namang pera hindi ba!? Bakit hindi ka kumuha ng sarili mong apartment at manirahan ka mag-isa!"

"Are you dumb!? I don't know anyone in this place! Malamang.. pupunta ako sa lugar kung saan may kakilala ako!"

"E ano ngang gagawin mo kasi dito!"

"Wala kang pakelam sabeeeee!!!!"

"Isusumbong kita!"

"Go ahead! Magsumbong ka!"

"Hoy Zarnaih! Wag kang ganito sakin ah!"

"Dati nakong ganito sayo---ngayon ka pa ba naman maninibago?! Umalis ka na dito!"

Nanatili akong nakaupo at wala sa sariling nakikinig sa usapan nila..

~BOOOOGGG!!!~

Hanggang sa marinig ko ang isang malakas na pagsara ng pinto..

Tsk! Ano ba naman 'tong pinasok ko! Amp! Bakit ba kasi hindi ko na lang hinintay kanina si Taguro!

"Who are you??"

Dahan dahan kong naiangat ang paningin ko ng marinig ko ang boses ng babae'ng yun at..

Sino 'to??

Maganda..

Maputi..

Medyo matangkad..

Makinis..

Maganda ulit..

Mabilis akong tumayo at nahihiyang humarap sa kanya. Bahagya pa akong tumango bago tumingin ulit sa kanya.

"Oh my God.." bulong nya pa. **"Don't tell me.. you're Zarnaih's boyfriend??"**

"H-Ha?? N-No.. No.. I'm her schoolm---"

"Busted!" nakangiting pigil nya pa sakin. **"Whatever.."** maarte'ng dagdag nya pa at taka naman akong napatini sa kanya habang dahan dahan syang lumalapit sakin at pinagmamasdan ako mula ulo hanggang paa.

Sino ba kasi 'to!?

"I'm Zaimin Yaz Marchessa.. I'm Zarnaih's older sister.. pleasure to meet you hot guy.."

Ate ni Parrot?! Tch!

Nanatili akong nakatingin sa kanya at hindi sumasagot!

"Aren't you gonna introduce yourself to me??" matamis ang ngiti'ng tanong nya pa at saka patagilid ang ulo'ng tinignan akong muli mula ulo hanggang paa.

"Ateee!" malakas na tawag ni Parrot sa kanya at napatingin naman akong muli sa hagdan nila at hinihintay na bumaba sya.. At ganon nga ang nangyari..

Nagtama ang paningin namin ni Parrot at parang nandidiri pa syang tumingin samin!

"Hoy Ate!" tawag nya ulit sa kaharap ko!

Magkamukha nga sila! Amp!

"Boyfriend mo!?"

"A-Anong?? Hindi ah!"

"Seriously!?"

"Hindi nga!"

"For real!?"

"For real!"

"Oh my God.."

'What!?"

"Now.. I have more reasons to stay Zarnaih.."

A-Anong ibig nyang sabihin???

Nakangisi sya habang deretsong nakatingin sakin! Dahilan para hindi ako makapagsalita at maiwang nakanganga!

MAX'S POV

Nilibot ko ang kabuuan ng Basketball Court pero hindi ko makita si Sensui!

Buset.. sa dami ng tao dito, magpapahanap ka pa ba naman!?

Inis akong pinuntahan na lang sina Lee at Tob..

"Oh Max.. where have you been??" tanong ni Lee pagkakita sakin.. Hindi ko naman sya agad nasagot dahil tinignan ko ang mga kasama nya.

Andon ang buong Team nila maliban kay Sensui. Katabi ni Lee sa kanan si Tob na ang katabi naman ay si Michiko, BJ and then si Migz..

Wala rin si Naih?!

"Max??" takang tawag naman sakin ni Tob na mukhang nag-aalala na.

"H-Hinahanap ko si.. si S-Sensui.." nahihiya pang usal ko.

"Ha?! E di ba s-sumunod sya sayo!?"

Sumunod?? Talagang sinundan nya pala ako!? Tss.. E kanina pa yun ah?! Dahil sa peste'ng Kim na yun.. hindi ko na tuloy nasundan..

"T-Teka lang ah.." dinig kong paalam ni Tob kay Michiko, Lee at sa iba pang kasama saka ako inalalayan papunta sa pwesto'ng wala ganong tao. **"Sumunod sya sayo kanina e.. kanina pa yun.. nung pagkaalis mo.. Hindi naman sya bumalik na dito.."**

"N-Nagkita kami.."

"Yun naman pala e.. Nasaan na sya??"

"N-Nauna syang bumalik sakin dito e.."

"Ha?? E hindi naman na sya bumalik dito??" takang tanong nya na luminga pa sa paligid. **"Nasaan na yung mokong na yun??"**

"E si Naih, nasan?"

"Uuwi na daw sya e??"

"U-Uuwi!?"

"Mmm.. yun ang paalam nya kanina samin.. Ewan ko parang nabadtrip pa nga kay Lee e.. L.Q. pa e hahaha..Nagmamadali pa nga sya e.. basta ang sabi nya uuwi na sya, ewan ko kung dahil kay Lee lang talaga hahaha! Puro asaran pa kasi e.. hindi na lang magpakatotoo hahahaha parang si Deib lang.. tagal bago makaalis sa stage of denial----Ehem.. bakit mo nga pala hinahanap??"

"A-Ahh... a-ayun nga.. n-nauna syag bumalik sakin dito.. kasi umalis sya bigla nung.. nakita nya ako---"

"Destinnyyy!!"

Sabay kaming napalingon ni Tob sa malakas na sigaw ni Kev na yun!

"Destiny??" nagtatakang bulong pa ni Tob habang nakatingin pa sa papalapit na saming si Kev. Nagpapalit palit pa ang tinginan nya saming dalawa ni Kev nung makalapit na 'to ng tuluyan samin.

"Hahahaha akala ko hindi ka na dadating e.. bakit ang tagal mo naman!?"

"M-May kinausap lang.. kumusta pakiramdam mo??" tanong ko.

"Ooohhh.. hehehe.. ang sarap mo namang mag-alaga.." pasweet pang sabi nya at saka ngumiti ng matamis. **"Okay naman na ako, lalo na ngayong nakita na kita hehehe.."** sabi nyang kumindat pa at saka humarap kay Tob. **"Heeeyy.. Yanai??"**

"O-Oh.. h-hehehe.." pilit ang tawag sagot ni Tob sa kanya.

"Close rin pala kayo ng destiny ko?? Heheheh.."

"A-Ahh hehehe.. H-Hindi naman gano.. d-diba Max?" tanong pa sakin ni Tob at nginitian ko lang sya.

"Ahh talaga.. Mmm.. destiny.. dun ka na lang pumwesto sa bench namin.."

"Dito na lang ako.."

"Saan?"

"Sa BIS team.."

"Eh? Bakit??"

"H-Ha? E-Eh kasi mas gusto ko don hehehe.. k-kilala ko lahat ng nandon.. hindi ko naman kilala ang mga teammates mo.."

"Okay lang yun.. mababait naman ang teammates ko----"

"Gonza!!!" malakas na sigaw nung Coach nila at nilingon naman nya.

"Yes Coach!"

"Double time!"

"Y-Yes Coach!" sigaw pa ni Kev sa kanya at saka muling bumaling sakin. **"Sige.. dyan ka lang ah?? Panoorin mo ko ah??"**

"S-Sige.."

"Hehehehe.. mwah!" sabi nya pa at saka bumalik sa court.

"M-Mwah??? What the heck!?" nakanganga pang sambit ni Tob habang sinusundan ng tingin si Kev. Natatawa naman akong humarap sa kanya. **"D-Destiny!??"**

"Tss.. wag mo nalang pansinin.."

"Bwahahahahahaha! Yung yabang nyang yun?? D-Destiny!? King ina san nya nakuha yun?!"

do_Ob

"H-Hahaha.. m-malay ko.." sagot ko naman.

"May gusto ba sayo yun??"

"Tss.. wala ah.."

"Hahaha.. tingin ko may gusto sya sayo!"

"Hindi pwedeng mangyari yun.." seryosong sagot ko na tinignan sya sa dalawang mata at nagitla naman sya.

"A-Ahh.. g-gusto mo bang tawagan ko si Deib?"

"Okay lang ba?"

"Oo naman hehehe.. teka tatawaga---"

"W-Wag mo na lang sabihing pinapatawag kita.."

"Ha?? S-Sige.. Sige.." sabi nya pa at saka nagdial

Saan naman kaya pumunta yun? Ganon pala kadrama yun? Tss.. bakit hindi pa sila nagsama ni Kim? Parehong assuming..

Maya maya pa..

"A-Ayaw nyang sagotin e.." si Tob.

Hindi ko alam pero kinabahan ako..

Anong nangyari don?? Tsk..

"H-Hayaan mo na.." pilit ang ngiting sagot ko kay Tob. **"M-Manood na lang muna tayo---"**

"Max.. gusto mo bang hanapin ko sya?"

"Hindi na.. malaki na sya.."

"H-Hahaha.. o-oo nga pero kasi.. parang hindi kayo okay e?"

"Hindi naman kami naging okay talaga hehe.."

"Max.."

Hindi ako makasagot ng ayos kay Tob dahil yung paraan ng pagtingin nya sakin ay kakaiba..

Parang may sinasabi..

Nag-aalala..

Nakaramdam ako ng guilt dahil sa nangyari.. pero ang totoo.. para sakin ay hindi big deal ang pagkawala ni Sensui.

"W-Would you mind if I ask what happened??" seryoso at bakas ang pag-aalalang tanong nya pa. Bumuntong-hininga naman ako bago sumagot.

"Sinundo ko kasi si K-Kev.. nakita nya.."

"Ha? Yun si Gonza?!" takang turo nya pa kay Kev at tumango naman ako. **"P-Panong sinundo??"**

"Sinundo ko sa ospital.."

"Ospital???"

Wala siguro syang idea..

"Kaninang umaga kasi.. napaaway kami---"

"Ha!? Nino!?"

Sana pinagsasalita nya muna ako di ba?

"K-Kanina'ng umaga.. yang si Kev Gonza ay hinarang nang mga gangsters sa labas ng SIS.. Tinulungan namin ni S-Sensui.. nabugbog sya kaya kinailangan nya'ng madala sa ospital para makapagpahinga at magamot ang mga sugat nya.. Wala'ng tao sa pinangyarihan kaya naman kami kami lang ang nakakalam.. h-hindi ko alam na hindi naman pala nabanggit ni Sensui sayo.."

"Psh.. sayo kaya lagi nakadikit yun hahaha.. pano nya masasabi??" natatawang biro nya pa dahilan para mapatingin ako ng masama sa kanya. **"I-Ibig ko bang s-sabihin e.. k-kayo k-kasi yung magkausap ka-kanina pa----I'm sorry.."**

"Tss.."

"H-Hehehe.. a-ang hirap m-mo palang biruin.." mahinang sabi nya pa.

"A-Ayun nga.. nung malaman kong may laro si Kev ngayon.. s-sinundo ko sya ng m-motor ko sa SISH para makapaglaro sya.."

"H-Ha!? Ginawa mo yun??"

"M-Mmm.."

"Bakit?"

"A-Anong bakit?"

"Bakit mo sya kailangang sunduin??"

Bakit ba tanong sila ng tanong?? Bawal ko bang gawin yun?? Tss..

"G-Gusto ko lang.." sagot ko.

"Gusto mo lang?!"

"Mmm.."

"Hahahaha.. weird.."

"Anong weird don??"

"Dahil sinundo mo ang tao'ng hindi mo naman kilala??" pilosopo'ng tanong nya pa at hindi ko naman sya kinibo na.

Susunduin ko ba yun kung hindi ko kilala.. Tss.. husay..

"Kung ganon.. p-parang nagselos si Deib g-ganon ba??"

Nagselos? Anong nakakaselos don?!

"M-May nakakaselos ba don??" takang tanong ko.

"H-Ha??"

"I m-mean don sa ginawa ko.. m-may nakakaselos ba don?" takang tanong ko.

"Hahahahahahahaha!" malakas na tawa nya at nagtaka naman ako.

WTF???

"Syempre naman!" dagdag nya pa. Hindi naman ako nakasagot at nagtaka pa rin ako. **"Alam mo ba kung gano kasaya yung tao'ng yun nung malaman nyang *'sya'* pa lang ang nakakasakay sa motor mo?!"**

"H-Hindi.." sagot ko naman.

"H-Ha? M-Malamang hahaha.. h-hindi nya naman masasabi sayo yun e.."

"Oh e anong nakakaselos don?"

"Ano ka ba?! Ganyan ka ba talaga?!"

"A-Anong ganyan?"

"Hahahaha ang wirdo mo talaga!" natatawa talagang biro nya. **"Syempre.. ako man sa sitwasyon ni Deib.. kapag nalaman kong.. ako lang ang isinakay ni Michiko sa kotse nya.. masaya yon! Sobrang saya non! Tapos.. makikita ko sya na may isinakay na iba.. tapos *'destiny'* pa ang tawag sa kanya?! Kakornihan na.. nakakaselos pa! Nakakaselos yun Max!"**

At kung hindi lang talaga si Michiko ang nililigawan mo.. bagay na bagay kayo ni Zarnaih..

"Kaya sya nagtatago ngayon ganon ba?" tanong ko.

"Hahahaha.. malamang!"

"Tss.. parang bata.."

"Max.. Max.. hahaha.. h-hindi naman sa pinangungunahan kita ha?? P-Pero kasi.. n-ngayon pa lang natatanggap ni Deib yung n-nararamdaman nya para sayo e.. k-kaya---"

"Alam mo??"

"Na may gusto sya sayo? Oo naman! Hahahaha! Bestfriend ko yun e!"

Taka naman akong napatingin sa kanya.

"P-Pero hindi alam ni Lee.."

"Bakit?"

"E kasi syempre.. p-pinsan ni Lee si Kim.."

"Hindi naman naging girlfriend ni Sensui si Kim di ba?"

"E oo nga pero kasi.. awkward e.. Tapos.. akala pa ni Deib.. m-may gusto rin si Lee sayo.."

"Sakin?? Bakit sakin!?"

"E kasi.. dati... twing makikita ka ni Lee, nag-iiba yung datingan nya.. He's always happy.. at hindi nawawala ang ngiti.. The difference between Lee and I, sya yung talagang kampi'ng kampi sayo.. d-dati kasi.. tawa ako ng tawa kapag may ginagawa si Deib sayo---but don't get mad okay? Past is past hehehe! K-Kasi.. minsan na rin naman akong nagalit kay Deib dahil s-sobra na yung ginagawa nya sayo.. A-Ayon nga.. s-si Lee kasi.. h-hero mo.. Kaya ayon.. akala ni Deib, may gusto sya sayo.."

"Tss.."

"That's the reason why 'til now hindi pa rin alam ni Lee yung feelings ni Deib for you.. but I know for sure na may napapansin na sya.. hindi nya na lang sinasabi.."

"E ikaw??"

"A-Anong ako?"

"Kailan mo pa nalaman?"

"Hahahaha nung una pa lang!"

"Anong nung una pa lang?" takang tanong ko.

"Nung unang araw pa lang na nagkabangga kayo hahahahaha.."

"Eh!?"

"Ewan ko.. I have this feeling that you're very much different from those he tripped in the past... I can't explain it and I'm sorry.. Hahahahaha.."

Ano bang sinasabi nya?!

"Kung ganon.. nagselos si Deib sa Kev Gonza na yan? At ngayon ay nawawala sya? Nasaan naman nga kaya yon!?" nakahawak pa sa labi'ng tanong nya.

"Hayaan mo na sya.. Manood na lang siguro tayo---"

"Hindi mo sya hahanapin?!"

"B-Bakit ko sya hahanapin??"

"K-Kasi nagtatampo sya?? At baka.. g-gusto nyang magpalambing?? H-Hehehehe.."

"Tss.. ano sya babae?!"

"Ngek?!"

"Look.. hindi ko sya syota okay?? Wala kaming relasyon.. kaya kung magtatampo sya.. suyuin nya rin ang sarili nya dahil hindi ko gagawin yun.." inis na sabi ko at saka naglakad papunta sa bench at tumabi kay Migz.

"Oh!? Nandito ka pa!?" si Migz.

"Baka hindi ako 'to.." inis na biro ko.

"Gaga! I mean.. akala ko kasi umalis ka na..."

"Eto na nga di ba?!" sabi ko na itinuro pa ang sarili ko.

"Hala!? Kailangan kapag sumagot.. galet!? Echusera'ng 'to.."

"Anggwapo talaga ni Jermayne.." dagdag nya pa.

"Tss.."

Pinanood ko sila'ng maglaro..

Bawat kilos..

Bawat galaw..

Bawat takbo..

Bawat pasa..

Bawat tira..

PINANOOD ko..

Panay ang tingin at ngiti sakin ni Gonza pero hindi ko sinuklian ng ngiti yun maski isa..

Tignan ko lang kung magawa mo pa lahat yan kapag nakilala mo ko.. Kev Gonza..

"Kyaaaaaaaaa!"

"Oh my gosh Ellie Kelly panalo ang LU!!!"

"Oo nga Tiffany!"

"Waaaaaaaaaaaa!"

"Gooo Keeeevvv!"

"We looooovvveee youuu Keeeeeevvv!"

"Grabe ang lupet!"

"The flash nga e! Ang bilis nya grabe!"

"Hahahaha maliit kasi kaya nagagaanan sa sarili!"

"Psh! Wala yun don! Magaling lang talaga sya tol!"

"Bading ka hahahaha!"

"Pareho silang magaling nung Jermayne.. tamang tama yung kumbinasyon nilang dalawa kaya naman nahihirapan yung mga kalaban.."

Magaganda ang naririnig kong sinasabi ng mga kasama kong nanonood dahil magaling nga ang dalawa'ng yun ng L.U. Sina Kev at Jermayne..

"Psh.. dadalawa lang sila laban saming tatlo nila Lee at Tob.. pero hindi pa rin namin nagawang manalo.." dinig kong sabi ni Tob habang nanonood rin.

"Kung ganon ng ganon ang mangyayari.. makakailang overtime kaya tayo? Hahaha.." biro ni Lee.

"Kailangang mas galingan nyo pa para wala ng tie tie hehehe! Galingan moooo Tob ha!?" si Michiko.

"Oo naman hehehe.. lalo na ngayon.. alam kong mas manonood ka na hehe.. At saka paniguradong mas gagaling na sina Lee at Deib ngayon.." si Tob.

"Talaga?! Bakit naman? Hihihihi.." si Michiko.

"Kasi tulad ko.. inspired na sila masyado hahaha---"

"Shut up!" napahinto si Tob sa pagsasalita dahil sa batok na ginawa sa kanya ni Lee na tumayo bigla at tumabi sakin. **"What's up??"** nakangiting tanong nya sakin.

"I'm good.." pilit ang ngiting sagot ko.

"Parati naman kitang kasama pero hindi na kita makausap hehehe.."

"Si Naih kasi lagi ang tinitignan mo e hehehe.." biro ko sa kanya at hindi naman sya nakapagsalita.

"Tsh.." singhal nya.

"Hahaha.. I was just kidding.." dagdag ko pa.

"Yeah right.. lahat na lang binibiro ako sa kanya.."

"Because you're obvious.."

"Wow.. hahahaha.."

"What??"

"Hahahaha.. Hindi ko lang ineexpect na magiging ganito kaprangka ka sakin Maxpein.. hehehe.."

"Whew.. bakit twing taga-BIS ang tatawag sakin ng Maxpein.. iba ang dating? Hehehehe.."

"I really like your name hehehe.. Maxpein.."

Nginitian ko na lang sya at hindi na ako sumagot.

"Nanalo kami.. anong kanta naman ang ipapakanta mo kay Deib??" nakangiting tanong nya.

Oo nga pala! Tss.. nawala sa isip ko..

Dahil sa sinabing yung ni Lee ay muli ko na namang iginala sa kabuuan ng Court ang paningin ko at umaasang nagtatago lang sya sa isang parte niyon pero bigo ko..

Halos magkandaduling na ako katitingin sa bawat mukha ng tao.. sa malapit man o sa malayo pero hindi ko talaga sya nakita..

At isa pa.. hindi naman sya mahirap hanapin.. Dahil kung nasaan ang maiingay na babae, malamang nandoon sya..

"I can look for him if you want to.." napatingin ako kay Lee dahil sa linyang yan.

"A-Ani.. gwaenchanna.."

"H-Huh??"

"A-Ahh hahahaha.. I mean.. okay lang.."

Tss..

Hindi na muli ako nagsalita at ipinakita ko na lang na abala ako sa kapapanood ng basketball kaya naman hindi na rin sya kumibo at nanood na lang..

Ilang minuto pa ang nakalipas at eksaktong alas singko nung matapos ang game nila Gonza..

Panalo sila..

"Kyaaaaaaaaaaaa!"

"Waaaaaaaaaaa!"

"I knew it!"

"Gooooo LU!"

"Gooooo Keeeeeeev!"

"We looooovvve youuuu Kevvv!"

"We looooove youuuu Jermayne!"

"Anggugwapo nyooooo!"

"Sana bukas ulit may laroooo kayoooo!"

"Yeaaaaaaah! Let's goooo Luna!!!"

"Push lang LU!!!"

Pinanood ko pa silang makipagkamay sa kalaban at kumaway sa mga nandoon na panay ang sigaw ng pangalan nila at ng school nila.. Nakinig sa referee at sa announcer.. Maya maya ay kinausap ng Coach at saka isa isang naghiwahiwalay..

"Destinyyyyy!!!"

"Destiny??" dinig ko pang bulong ni Lee. Nagkatinginan lang kami pero hindi na ako sumagot at tumayo na para salubungin si Kev.

"Kumusta laro ko? Hehehehehe.. okay ba??" nakangiting tanong nya sakin habang bitbit bitbit ang gamit nya.

"Ayos.. congrats.."

"Hehehehe.. ang panalo ko ay nakalaan para sayooo destinyyyy!!!"

"Tsh.." si Lee.

"Ohh.. Gozon! Hehehehe.. Gonza.." turo nya sa sarili nya. **"Gozon.."** turo nya kay Lee. **"Bakit kasama mo ang destiny ko? Hehehehe.. close rin kayo??"** tanong pa ni Kev sa kanya at nginitian lang naman sya ni Lee kaya bumaling ulit sya sakin. **"Anong oras ang laro nyo bukas??"**

"Titignan ko palang sa bulletin.."

"I see.. ako rin e.. sabay na tayo??"

"Sige.." sagot ko. Nilingon ko naman sila Migz. **"Migz.. sabay na kayo sakin? Titignan ko ang sched ko.."**

"Sigeeee!" malakas na sigaw nya at kasunod nya ay tumayo na rin sila BJ, Michiko at Tob.

Sabay sabay namin kaming naglakad papunta sa bulletin board at nagtingin ng sched..

"Ayy.. sabay ang laro natin??" asar na tanong ni Kev habang nakatingin sa board.

Parehong 10am bukas ang laro namin..

"Hindi bale.. paniguradong kami ang unang matatapos kaya mapapanood pa kita hehehehe.." dagdag nya pa.

"Ayyy.. talagang bet panoorin ang Max?" si BJ.

"Hehehehehe.. oo naman! Pero bago ako pumunta sa game ko.. kailangang makita ko muna sya hehehehe.. Ako nga pala si Kev Gonza ng Luna University hehehehe.."

"Dinig ko nga hehehehe.. BJ.." sarkastikong sagot ni BJ. **"Eto naman sila Migz at Michiko.. kasama nila Max, Tob at Lee.. lahat kami ay taga-BIS.."**

"Heheheheh.. kita ko nga sa uniform nyo.."

"E ayun.."

"Tara.. kailangan ko ng umuwi.." yaya ko sa kanila.

"E destiny.. kailangan kong sumabay sa mga teammates ko.." biglang baling nya sakin at nakangiti.

"Sige.. ingat kayo.."

"Tsk.. ang sweet sweet mooo haaayyy.." nakangiti pang dagdag nya.

"See you tomorrow.. goodluck and congrats.." seryosong usal ko pa.

"Sige.. ikaw agad ang pupuntahan ko sa umaga hehehe.. sana makasabay kitang magbreakfast hehehe.. Ililibre kita.."

"Sige.." nakangiting sabi ko pa.

Nagpaalaman lang kami at ganon na rin sila. Kasabay kong lumabas sina Lee, Tob, Michiko, Migz at BJ.

"Grabe.. ang lakas ng tama sayo nun ni Gonza.." si Migz. Hindi ko naman sya kinibo.

"Maka-destiny ang Lolo mo----jusmeh maya't maya!" si BJ.

"Hahahahaha bakit nga ba kasi destiny?!" si Michiko.

"Malay ko.." sagot ko.

"Nakuuuu teh! Yan na nga ba ang sinasabi ko e hahahaha.. kapag namayat ka maraming magkakagusto sayo.. Litaw na litaw na kasi ang ganda mo oh! Turuan mo nga ako kung anong ginawa mo?! Baka sakaling mamayat rin ako.. hehehehe.." si Migz.

"Asa pa bakla!?" si BJ.

"Oo letse ka kaya wag ka ng kumontra! Ano ngang ginawa mo Max!?" si Migz.

"Estudyante sa umaga.. alipin sa gabi.. Try mo.." biro ko.

"Nako hehehehe.. hindi na lang.. magfofocus na lang ako sa studies ko hahahaha.."

"Hahahahha.."

Nagtatawanan kami habang naglalakad hanggang sa makalabas..

Natigilan ako nung bigla kong makita ang motor ni Naih..

"Oh.. bakit nandyan pa yan??" biglang tanong ni Lee. Napatingin naman ako sa kanya at saka muling tumingin sa motor ni Naih.

"Akala ko ba umuwi na sya?" bulong ko pa habang nakatingin sa motor ni Naih.

"Pano yan??" tanong naman ni Tob.

"A-Ahh Lee.. pwede mo bang tawagin si Naih??"

"H-Ha?? S-Sige.." sabi nya at saka nilabas ang cellphone nya at nagdial.

Nasaan naman kaya yung loko'ng yun?! Nagpaalam sa kanilang uuwi e nandito pa ang motor nya!? Tss..

"Hello? A-Ahh kakausapin ka daw ni Max.." dinig kong sabi ni Lee at napatingin naman ako sa kanya at nakangiti nyang iniabot ang cellphone nya sakin.

"Nasan ka??" sagot ko agad.

"Nandito sa bahay.."

"Anong ginagawa mo dyan??"

"Ano pa!? Haaaayys! Umuwi ka na!"

"Tss.. pano 'tong motor mo!?"

"Ha?! Paksheeeettt! Oo nga pala!"

"Tss.."

"Halaaa.. pano ba yan!?"

"Hindi ko alam.. hindi ko kayang magmotor ng dalawa.."

"Anak ng kagang.. nawala sa isip ko!"

"Hihintayin kita dito.."

"H-Hindi na.. mauna ka ng umuwi dito.."

"Ha? Bakit?!" takang tanong ko na napatingin pa sa motor nya.

"Basta.. daanan na lang natin mamaya.. Kailangan na kita dito.."

Hindi agad ako nakapagsalita sa sinabi nyang yun.. pero magsasalita na sana ako nung bigla nyang ibaba..

~TUT!TUT!TUT!~

Napatingin pa ako sa cellphone bago ko tuluyang ibalik yun kay Lee.

"S-Salamat.." usal ko pa.

"Ano daw?" tanong ni Tob. Nakatingin naman ang lahat sakin.

"Pinapauwi nya na ako e.. babalikan na lang daw namin mamaya.."

"Ha?? E baka mawala dyan dyan??" tanong naman ni BJ. Kaya naman lumapit ako sa motor nya at ginalaw ang manibela.

"Hindi naman siguro.. naka-lock naman sya at may guard naman don.." sabi ko na tumuro pa sa guard nung SIS.

"Sige.. balikan nyo na nga lang agad.." si Migz.

"Sige na.. mauna na kayo.." sabi ko pa sa kanila.

"E pano ka?"

"Edi susunod ako.." biro ko pa.

"Sya sya.. kita kita tayo ulit bukas ah?"

"Sige.. ingat.."

"Ingat rin.."

Nagpaalaman pa muna kami bago sila isa isang umalis maliban kay Lee.

"Hindi ka pa ba aalis??" tanong ko sa kanya.

"Pauunahin na kita.. hehehe.."

"S-Sige.." sabi ko na mabilis na sumakay sa motor ko at inabante iyon.

"A-Ahh Max.."

"M-Mmm??" sagot ko nung bigla nya akong pigilan na humawak pa sa braso ko.

"S-Si Deib.."

"Oh?"

"K-Kagagaling nya lang sa s-sakit.. s-sana h-hindi naman muna maulit.." usal pa ni Lee. Napatingin naman ako sa mga mata nya at bakas ang hiya at pagkailang nya.

Anong gagawin ko kung ganon? Tss..

"I know I-I'm not in any position to s-say this b-but please.. t-this is only way I know p-para makabawi ako sa g-ginawa ni Kim sa kanya.." mahinahong dagdag pa nya.

"Kung ano man yung kasalanan ng pinsan mo sa kanya.. labas ka don.."

"O-Oo nga pero.. h-hindi ko kasi maiwasang h-hindi mag-alala.. Bestfriend ko sya.. P-Pero hehehehe.. don't w-worry.. n-naiintindihan ko naman kung anong nararamdaman mo ngayon.." parang napapahiya pang usal nya.

Napangiti naman ako sa kanya at tinignan pa sya sa mga mata..

"Si Naih.. she knows nothing about relationship.." mahinahon ring usal ko at gulat naman syang napatinign sakin. **"But I know for sure that she knows a few things about love.. Pero sigurado akong naramdaman nya na yun.."**

"W-Why are saying this??"

"Para kwits.." nakangiting sabi ko at saka bahagyang tinapik sya sa balikat. **"Mauna nako.. ingat ka pauwi.. salamat.."** sabi ko pa saka

naghelmet at pinaandar ang motor ko pauwi..

Habang nagmamaneho ay hindi ko maiwasang hindi maisip ang sinabi ni Lee..

Tss.. ipinauubaya nya ba sakin ang kaibigan nya??

Alam nya ba kung gano kabigat na responsibilidad yun ipinapasa nya sakin?? Tss..

Hindi ko maintindihan kung anong dapat kong maramdaman..

Masyadong bumibilis ang mga pangyayari..

Yung kay Deib..

Yung kay Kev..

Kailan lang ay nagtapat sakin si Deib.. sumunod ay yung unti-unting ipinaparamdam nya na sakin.. Nagawa nya na ring magselos at magtampo..

Lahat yun ay nagawa nya sa loob ng napakaikling panahon.. bagay na nakakapagpadagdag dahilan para mas lalong hindi ko paniwalaan..

Pero.. ano namang mapapala nya kung gagawin nya yun ng trip trip lang?? Tss.. hindi naman sya siguro ganon kaengot para pagmukhaing tanga ang sarili nya sa mga tao'ng nakakakita nung mga pinaggagagawa nya sakin??

Napabuntong-hininga ako sa sarili kong naisip..

Naguguluhan ako..

Nalilito ako..

Hindi ko alam kung anong mararamdaman ko..

Isang bagay lang ang sigurado ako..

KINAKABAHAN AKO..

Hindi ko alam kung kaya kong panindigan ang nangyayaring ito..

At mas lalong hindi ko alam....

Kung kakayanin ko bang mahalin ka.. dahil hindi ko na yata kayang masaktan pa..

Mas binilisan ko pa ang pagmamaneho ng dahil sa nararamdaman at mga naiisip ko. Gusto ko ng umupo at magpahinga dahil pakiramdam ko.. ang isiping yun ay dagdag pagod sa katawan ko.. Isama mo pa ang katotohanang babalik pa kami ng SIS para kunin ang motor ni Naih!

Bakit naman kasi iniwan iwan pa e!

BAHAY..

Mabilis kong inihinto sa kabilang side ng kalsada namin ang motor ko..

Taas ang kilay na pinagmasdan ko ang dalawang sasakyan na nakapark sa mismon harap ng apartment namin..

Isang vintage car at isang..

Anong ginagawa nyan dito??'

Mabilis akong isinukbit ang helmet ko sa braso ko at naglakad papasok ng bahay..

At hindi nga ako nagkakamali..

Kitang kita ko si Sensui na mukhang tanga'ng nakangiti habang nakatayo sa harap ng side table sa sala.. Hawak nya ang isang frame..

"Ehem.." bahagya pa kuno akong umubo saka pumasok ng tuluyan sa pintuan..

Nagtama ang paningin naming dalawa.. Parang walang gana akong tumingin sa kanya samantalang gulat naman syang nakatingin sakin.

DEIB'S POV

Hehehehehe ang cute cute nya...

Hindi ko mapigilan ang sarili kong ngumiti habang nakatingin sa picture ni Taguro na nakuha ko sa side table..

Mukha syang masaya sa picture habang hawak hawak ang tako nya ng billiards.. Sa bilyaran kuha yung picture at mukhang ilang taon na rin ang nakalipas ng kuhang 'to dahil hindi na ganito ang itsura nya ngayon.. Masyado syang payat sa picture na 'to kumpara ngayon..

'Pero mas maganda sya ngayon hehehe.. ngayon ko lang naaappreciate yung ganda nya heheehe..'

"Ehem.."

Dahan dahan akong napalingon sa gilid ko at..

TAGUROOOOO?

Dali dali kong ibinalik ang frame at saka umastang parang walang nangyari..

Bahagya pa akong tumingin sa tiles ng sahig.

"What are you doing?" walang emosyong tanong nya kaya naman dali dali akong tumingin sa kanya at bahagya pa kunong tumawa!

"H-Hahahaha.. a-ahh.. hahaha.. n-niyaya ako ni N-Naih.. n-nagpasama lang sya.. U-Uuwi na nga sana ako k-kanina kaso s-sabi nya a-aalis sya ulit kaya k-kung pwede d-dito daw muna ako.." uutal utal na paliwanag ko at mukhang nakahalata naman sya!

Badtrip!

Yung pakiramdam na napahiya ka dahil alam mong nakita ka nya?!

'Imposibleng hindi nya ako nakita! Tsk! Badtrip naman oh!'

"I'm not asking what are you doing here.. I'm asking you what are you doing??"

"H-Ha??" takang tanong ko at naglakad naman sya papalapit sakin at..

Nilingon nya ang side table na nasa harap ko at saka dahan dahang tumingin sakin.

"A-Ahh.. n-nakita ko lang.." palusot ko pareho nanatili syang nakatingin sakin.

"Tss.."

Masyadong nakakailang yung mga tingin nya sakin pero kahit anong gawin ko ay para akong estatwa! Hindi ko magawang ipihit ang paningin ko sa iba!!!

Pakiramdam ko ay malulusaw ako sa mga titig nya!

Pero hindi ko rin alam kung pano kong natagalan ang mga titig na yun..

"Ohh Max.. nandito ka na pala?!" biglang singit ni Parrot dahilan para makahugot ako ng hininga!

Tumingin si Taguro sa kanya at iiling iling namang napangiwi si Parrot.

"N-Nagpasama kasi ako kay Sensui d-dito.. k-kasi---"

"Maaaaaxxxx!!!"

Ayan na naman sya amp!

Mabilis na bumaba ng hagdan yung Ate ni Parrot at mabilis na naglakad papalapit kay Taguro!

"Oh my.. look at you!!! Hahahahaha! It's been a very very looong timmeee!!!" maarte'ng sigaw pa nito at saka yumakap kay Taguro na parang gulat pa rin hanggang ngayon.

"Y-Yaz.." dinig kong bulong ni Taguro.

"Oh my Goooodd hahahahaha! It's really nice to see youuu! Kwentuhan mo ko!"

"A-Ahh.. h-hahaha.."

"Ano ka ba?! Hahahahaha bakit hindi ka naman yata nakapagsalita!? Am I really that gorgeous?! That except from this hot guy right here e.. you're speechless?! C'mon Maxpein! Hahahahaha!"

"W-What are you doing here?" biglang takang tanong ni Taguro!

Hahahahahahaha!

Pigil ang tawang napatingin naman ako don sa Ate ni Parrot!

"Psh! I came to visit! Ano ba! Pinapahiya mo naman ako kay Deib e.."

Mabilis syang lumapit sakin at kumapit sa braso ko!

Taka naman akong nilingon ni Taguro at saka..

A-Anong ingiingiti ngiti mo dyan!? Tch!

Ngumisi sya sakin na parang natatawa dahil sa ginawa nitong si Yaz na pagkalawit ng mga kamay nya sa braso ko!

Nakakainis!

"I came to visit my sister.. pero hindi nya sinabi sakin na may kaibigan pala syang kasing gwapo ni Deib.. ayan tuloy.. I want to stay na tuloy hahahahahaha!"

"Hoy Ate manahimik ka!" biglang singit na naman ni Parrot!

"Why oh why my dear sister?!"

"D-Dahil hindi ka pwede dito!"

"Max oh.." sumbong pa ni Yaz kay Taguro!

Badtrip! Ano ba kasing ginawa ko dito!? Tsk!

"Ahh basta! I've made my decisions already! Whether you like it or not.. I'm going to stay here hahahahaha! As long as Deib the hot guy's going to visit me e-ve-ry-daaaaayyy hahahahaha! Yiiiieeeee---"

"A-Ano ba.. A-Ano ba!" inis na sigaw ko sa kanya.

"Aissshh.. nagsusungit ka na naman e! I told you already.. the more na nagsusungit ka.. the more na nagugustohan kita hahahaha.."

"P-Pero b-bitiwan mo ko.." pigil ang inis na sabi ko na mabilis na inalis ang mga kamay nya!

"Hahahaha.. and this is what I like mooore.. yung hindi easy.. hehehehe----"

"Tara na Naih.."

Sabay kami ni Yaz na napatingin sa sinabing yun ni Taguro.

"S-Saan na naman ang punta nyo??" inis na tanong ko.

"Babalik kami ng SIS para kunin yung motor nya.. baka mawala yun don.." seryosong sagot naman sakin ni Taguro at saka muling tumingin kay Parrot. **"Ganyan ka na lang??"**

"Oo.. sige.. maiwan na muna kayo dit---"

"Sasama ako!" sigaw ko!

"Ako rin!" si Yaz!

d>>_<<b

"Hindi na.. mabilis lang naman kami.." pigil naman ni Taguro at inis akong tumingin sa kanya! Nagtama ang paningin namin!

Ayoko dito! Ayaw ko sa kanya! Ikaw ang gusto ko! Kanina pa kita gustong makasama!!!!

"Dito ka na lang.." dagdag pa ni Taguro.

"U-Uuwi na lang ako.." nakangusong sagot ko.

"Dito ka na.." mahinang sagot nya pa. **"Hintayin mo ko.."**

Bakit gusto nya akong magstay dito?! Tch! Wag nya sabihing gusto nyang makasama ko yan!?

Badtrip! Hindi! Uuwi na ako!

"H-Hindi na.. u-uuwi na ako.. Baka maaga pa ang laro namin bukas.." pagpupumilit ko.

"Isa lang ang game nyo bukas.. Alas tres pa ng hapon.."

"T-Tinignan mo??"

"Mmm.. kaya dito ka lang.." sabi nya na bumuntong-hininga pa. **"Samahan mo muna si Yaz.. saglit lang naman kami---"**

"P-Pero.." pigil ko sa kanya.

"Babalik ako.." malumanay na sagot nya pero nagpaawa pa rin ako.

Ayokong maiwan dito!!!!!!!! Huhuhuhuhu..

"Wag kang aalis dyan.. babalikan kita.." dagdag pa ni Taguro.

"Mukang magkakilala na naman kayo e.." nakangiting sabi nya pa at saka ako tinapik sa balikat at tinanguan si Parrot!

"Oh.. Ate.. Ingatan mo yan ah?!" sabi ni Parrot na itinuro pa ako! **"Mawala ka na.. wag lang yan! Makakalaban mo ang buong Laguna kapag nagalusan yan!"**

"Of course my dear sister----"

"At tigil tigilan mo ang pagdikit dikit dyan dahil nananakit ng babae yan!"

Siraulo!

"T-Ta---" hahabulin ko sana sya pero mabilis na silang nakalabas! At etong Yaz na 'to naman ay nakakapit sa kamay ko! **"A-Ano ba! Bitiwan mo nga ako! Please!"** inis na sabi ko na hinigit pa ang braso ko.

"Napakachoosy mo!" sigaw naman nya!

"Tch! Hindi ka ba nahihiya sakin?! Ngayon lang kita nakilala!"

"Yes at hinding hindi ko 'to malilimutan hehehehehe.."

"Tch!"

"Ano ka ba! Ang sungit mo! Kalalaki mong tao.. napakasungit mo!"

"Talk to the hand!" inis na sabi ko habang iniharap pa sa kanya ang kanang kamay ko!

"I'll kiss your hand hehehehehe!"

WTF!?

"Nakakadiri ka!" inis na sigaw ko na mabilis na inagaw ang kamay ko!

"Hahahahahaha! Napakahard to get mo naman!? So tell me.. nagkagirlfriend ka na ba ha? Ha?! Nagkagirlfriend ka na ba? Tingin ko ay hindi pa hahahahaha.."

"Shut up.."

"Oh come one Deib.. we're on the *'getting-to-know-each-other'* stage so please cooperate??"

"Cooperate your face.." bulong ko pa.

"Sige na kasi.. magkwento ka naman oh!"

"Ayoko.."

"Sige na.. please?"

"Ayoko nga e!"

"Ang sungit mo! Kanina ka pa ah!"

"Kanina ka pa rin e! C-Can you j-just... please! Stay away from me!"

"Hahahahaha kalalaking tao ang arte.. bakla ka ba?!"

"W-What?!"

"I'm asking if you're gay?!"

"No!"

"Hahahaha then why are you like this?!"

"W-What!?"

"Hahahahaha.. masyado ka naman yata'ng ilag sakin?! Hahahaha! I know I'm pretty and attractive.. pero bakit parang wala lang sayo?! Hahahahaha!"

Dahil may gusto akong iba!

"Oh my.. you're really gay!?"

"Sinabi ng hindi e!"

"Then why can't you answer me!? Hahahaha!"

"I don't wanna talk to you!" inis na sabi ko at saka tumayo at naglakad papalabas!

"Heeeeeey---!!!!" habol nya pa sakin pero mabilis kong isinara ang pinto ng bahay na yun!

Inis akong sumakay sa kotse ko!

Badtrip!

Inis ko ring isinuot ang susi pero...

Dito ka na lang..

Dito ka na..

Hintayin mo ko..

Muling umugong sa pandinig ko ang mga huling sinabi ni Taguro!!!

Hindi ko maintindihan pero meron sa loob kong natutuwa pero meron ring naiinis!

Bakit ba ayaw nya pa akong pauwiin?!

"Tch.." inis akong tumingin sa bintana at sinilip kung lumabas yung Yaz na yun!

Matapos nya akong paghintayin kanina..

"P-Pero pano kung.. g-gusto nya akong makasama kaya gusto nya akong maghintay??"

Nagtatalo ang puso't isip ko!

Sinabi ng isip kong umuwi na ako pero ang gusto ng puso ko ay maghintay ako!!!

Tanga ka na lang talaga Deib kapag naghintay ka pa sa kanya ulit.. Nung hinintay mo sya kanina.. Anong nangyari!?

"H-Hindi ko naman kasi sya binigyan ng c-chance makapag-explain.. k-kaya hindi nya naipaliwanag masyado yun side nya kung bakit nya ako pinaghintay.."

Tch! Hindi ba't sinabi nya sayo'ng sinundo nya si bansot?! Yung bansot na yun ang dahilan kaya ka naghintay ng matagal sa kanya!

Nakakabwisit!

Hindi ko malaman kung alin sa dalawa ang susundin ko!

Ang isip kong nagsasabing umuwi na ako?!

O yung puso kong gustong manatili ako dito!?

Nakakabadtrip!

Pakiramdam ko ay gusto ko ng umuwi.. dahil hanggang ngayon ay naiinis pa rin ako sa ginawa nya sakin kanina! Lalo na at may kinalaman yung bubwit na yun kanina kung bakit nya ginawa yun! Kung bakit nya ako nagawang paghintayin! Tapos eto pa ngayon! Panibagong pagpapahintay ang ginagawa nya!!!

Tsk! Ang tanga tanga mo Deib!

Pero ang puso ko naman ay willing masyadong hintayin sya! Dahil nararamdaman kong may dahilan sya kung bakit nya gustong manatili muna ako dito at hintayin sya! Sana nga ay tama ang nararamdaman kong dapat ko pa rin syang hintayin! Pero gayunpaman ay ramdam ko rin sa puso kong talagang kusang maghihintay ito..

"Sana nga ay tama ang hinala kong may sasabihin o gagawin syang maganda kaya pinaghihintay nya ako.. dahil kung hindi.. Lagot ka talaga sakin Taguro!!!"

Sa huli.. naghintay pa rin ako..

Binuksan ko ng kaunti ang bintana ng kotse ko at ang aircon non.. Nagsounds lang rin ako at bahagya pang lumilingon sa bahay nila Parrot at Taguro dahil baka lumabas at sumunod yung Yaz na yun! Kaya naman mabilis kong ni-lock ang kotse ko at saka ako nagpatugtog..

Now Playing: Cupid by 112

♫ ♪ 'Girl if I told you I love you.. That doesn't mean that I don't care, oooh.. And when I tell you I need you.. Don't you think that I'll can never be there, ooooh.. Baby I'm so tired of the way you turn my words into.. Deception and lies.. Don't misunderstand me when I try to speak my mind.. I'm only saying what's in my heart.. Cupid doesn't lie.. But you won't know unless you give it a try.. Oh baby, true love won't lie but we won't know unless we give it a try.. give it a try.. Girl when I ask you to trust me.. That doesn't mean that I'm gonna cheat on you.. Cuz I'm gonna never do anything to hurt you.. Or misleaded you, I love you..' ♪ ♫

Kusa akong napangiti sa pagkakaintindi ko sa kanta..

Mahal na nga ba kita?? Eto na ba yung mahal mahal na pinagsasasabi nila??

Kasi kung eto na yun.. hehehehe.. Napakaswerte mo hehehehe.. ang swerte swerte mo.. Prove to me that its worth it.. and I'll never leave your side..

♫ ♪ 'Baby I'm so tired of the way you turn my words into.. Deception and lies.. Don't misunderstand me when I try to speak my mind.. I'm only saying what's in my heart.. Cupid doesn't lie.. But you won't know unless you give it a try.. Oh baby, true love won't lie but we won't know unless we give it a try.. give it a try.. Ain't no doubt about it.. Lord knows I really mean it.. I rather die before I, before I lie to you.. Never wanna leave her.. Ain't no life without her.. Never gonna leave, never gonna go, no..Cupid doesn't lie.. But you won't know unless you give it a try.. Oh baby, true love won't lie but we won't know unless we give it a try.. give it a try.. .' ♪ ♫

MAX'S POV

SIS Parking Lot.

"Haaaayy.." malakas na buntong-hininga ang pinakawalan ni Naih matapos nyang bumaba sa pagkakaangkas sakin at niyakap ang motor nya. **"Shooowweeerrr!!! I'm sorrryyy huhuhu.."**

Kaartehan..

"Akala ko hindi na kita maaabutang humihingaaa! Waaaa! Sorry for leaving you behind baby.. huhuhu---"

"Bilisan mo dyan.."

"Oo! Sandale!"

"Tss.. baka nakakalimutan mong kung hindi ko itinawag e hindi mo maaalala yan si Shower?!"

"Oo na!" singhal nya at mabilis na sumakay sa motor nya! **"Nagmagandang loob pero nanunumbat!"**

"Bilisan mo na dyan.."

"Bakit ba nagmamadali ka ha?!"

"Gutom nako e.."

"Wushooo.. nagugutom bang talaga?!"

Hindi ko sya sinagot at taka lang akong tumingin sa kanya.

"Kasi.. kung gutom talaga yan.. wala pa tayong pagkain sa bahay dahil magdamag kaming nag-away ni Ate!"

"Eh?"

"Psh! Sa sobrang inis ko sa kanya pati 'tong si Shower hindi ko na naalala! Hindi man lang nga ako nakapagsaing!"

Edi hindi pa kumakain yung gunggong na yun dun!? Tss..

"Bilisan mo na!" inis na sabe ko at mabilis na pinaandar ang motor ko.

"H-Hoy! Hintayin mo ko!" dinig kong tawag nya pero hindi ko sya pinansin! Hindi ko na nagawang maghelmet pa at mabilis akong nagmaneho pa!

Maya maya lang ay kasabay ko na sya!

"Dahan dahan naman aba! Madaling madali?! Gutom na gutom?!"

"Tss.. kanina pa kayo nandon sa bahay??"

"Oo.. kaninang 4pm pa ata---"

"Edi hindi pa kumakain yun si Sensui?!"

"Nakoooo.. sinabi ko na nga ba e!"

"Tss.. bilisan mo dyan.." inis na sabi ko at saka inunahan sya..

Huminto ako sa isang fastfood chain..

"Kore-Korean?! Ayaw ni Ate nyan!" biglang sulpot ni Naih sa tabi ko.

"Edi wag syang kumain.." singhal ko.

"Hahahahaha.. grabe.. tataluhin mo si Ate dahil kay Sensui??"

"Bakit ba masyado mong ginagawang big deal yung kay Sensui?" tanong ko sa kanya na sinugod pa kunwari ang mukha nya at natigilan naman sya.

"E-Eh bakit nga ba ginagawa mo 'to kay Sensui ha?! M-May gusto ka na rin sa kanya noh? Hehehehe.. Kaibigan mo ko.. ano mang nararamdaman mo.. susuportahan ko! Hindi mo na kailangang maglihim! Hahahaha!"

"Tss.. kaya pala wala akong nalalaman sa mga pinagdadaanan mo---kasi magkaibigan tayo!" pagdidiin ko sa mukha nya mismo at natigilan naman sya habang napapanganga pa at umaastang hindi makapiwala!

"A-Anong---"

"Annyeonghaseyo.." nakangiting bati ko sa korean na nasa harap ko.

"Annyeonghaseyo.." nakangiting bati naman nya sakin sabay abot nung menu.

Mabilis ko naman yong tinignan at saka ako um-order ng mga pagkain para saming lahat..

Maya maya pa..

"Andami nyan ah??" nakangising salubong sakin ni Naih. **"Meron ba ako dyan ha? Ha?!"**

"Malamang.. wala.."

"Ha?! Baket!?"

"Lahat 'to para kay Deib.."

"A-Ano!?"

"Tss.. mamatay ka sa gutom!" inis na sabi ko at saka naunang maglakad!

"H-Hoy! Hoy ulcer! Tandaan mo yan ah! Hindi na kita lulutuan!"

"Bilisan mo na! Hindi 'to masarap kapag lumamig na!"

"Akina yun iba!"

"Kaya ko na!" sigaw ko pa at mabilis na pinaandaw ulit ang motor ko pauwi..

Hindi ko maintindihan ang ikinikilos ko..

Alam kong iba ang naiisip ni Naih sa mga ikinikilos ko pero sakin.. hindi naman 'to tulad ng inisiip nya..

Ang totoo ay naguiguilty ako sa ginawa ko sa kanya kanina kaya naman gusto kong bumawi kahit papano..

Ayokong isipin nyang walang wala naman akong pakialam sa kanya kahit.. medyo ganon na nga..

Maya maya pa ay nasa bahay na kami..

Nagpark lang kami sa labas at mabilis ng maglakad papasok.. pero bago pa man kami makapasok ng tuluyan ay huminto si Naih sa paglalakad at sumilip sa kotse ni Sensui at kinatok yun..

Anong ginagawa nya dyan?!

"Hoy Sensui! Nandito na kami!" sigaw pa ni Naih sa kanya!

Nagkuskot naman muna ng mata si Sensui at gulat na makita kami saka mabilis na bumaba!

"Ang t-tagal nyo naman!" si Sensui!

"Anong matagal---e ang bilis nga?! Nagmamadali 'to oh!" inginuso pako ni Naih sa kanya.

Naiilang namang napatingin sakin si Sensui.

"Anong ginagawa mo dyan!?"

"Tch.. ayoko don sa loob! Yung kapatid mo parang higad kung dumikit! Masyadong makapit!"

"Higad?! Baka linta?! Psh.. magsusumbong lang mali mali pa.."

"Y-Yun na rin yon!"

"O sya! Pumasok ka na sa loob!" sabi nya at nagpaumuna ng pumasok. **"Dalian nyo!"**

Naiwan kami ni Sensui at naiilang pa syang tumingin sakin..

DEIB'S POV

Mabilis na pumasok sa loob si Parrot at naiwan kaming dalawa ni Taguro!

"Tss.. wag ka ng mag-imagine dyan at pumasok ka na sa loob.." si Taguro.

"U-Uuwi nako.." sagot ko.

"Bakit?"

"Tch! Ano pang gagawin ko dyan?!"

"Kakain.."

"K-Kakain!? H-Hindi na.. sa bahay na lang ako kakain.." nakanguso pang sabi ko.

"E bakit hindi ka pa umuwi kanina?" nakangising tanong nya at napailing naman ako!

Bwisit na 'to! Buti nga hinintay pa kita e!

"S-Sabi mo kasi h-hintayin kita e.." nakanguso pa ring sagot ko!

"Tss.. naghintay ka naman?"

A-Anak ng..

"Uuwi nako----"

"Dito ka na.."

"Hindi na!"

'Tss.. para binibiro lang e.."

"Hindi ko gusto ang biro mo e!"

"Dito ka na kumain.. binilhan kita ng pagkain.."

Binilhan nya ako?

Hindi ako nakasagot!

Napatinign ako sa mga bitbit nya!

Napatitig ako sa kanya at...

Hindi ko napigilan ang mapangiti!!!

"A-Ano naman yang binili mo?" kunwaring tanong ko.

"Wag ka ng magtanong.. alam ko namang kahit anong bilin ko.. basta para sayo.. magugustohan mo.." nakangising sagot nya at saka nagpaumunang maglakad!

Badtrip 'to ah! Masyadong bilib sa sarili!

"H-Hindi na! Uuwi na lang ako!" pagmamatigas ko.

"Edi bahala ka.." mayabang pang sabi nya!

"A-Ano!?"

"Bahala ka.. umuwi ka kung gusto mo.. Pero sinasabi ko sayo.. pagsisisihan mong hindi mo kinain ang pagkain kong binili ko *'para sayo'*.."

"A-At b-bakit ko naman pagsisisihan!?"

"Dahil hindi ko na 'to uulitin.." sabi nya at saka nakangiting pumasok sa loob ng bahay nila!

Inis akong sinundan sya ng tingin at saka inis akong tumingin sa paligid ko!

Binilan nya ako ng pagkain?

Heheheheh.. ibig bang sabihin nun e.. nag-aalala sya sakin?!

Bakit nya ako bibilhan ng pagkain kung hindi sya nag-aalala sakin? Hehehehe!

E bakit ganon sya magsalita?! Hindi ko pa man natitikman yung pagkaing binili nya nanunumbat na agad sya! Tch! Bakit hinintay?! Abnormal ka talaga! Wala kang kwenta!

At doon ko natagpuan ang sarili kong naglalakad papasok ng bahay nila..

Tsk! Pasalamat ka hindi talaga kita matiis!

"Ohh?? Nandito ka pa rin Deib??" salubong sakin ni Yaz!

"Tch.."

"Hoy Ate tigilan mo na nga yan si Deib!" singit ni Parrot na nag-aayos ng plates sa table! **"Oy Sensui.. wag mong pansinin yan.. nung ipinanganak kasi yan basta na lang binihisan at hindi hinugasan at nainiksyunan kaya lumaking ganyan.. dito ka umupo.. Umakyat lang si Taguro at nagpalit ng damit.."**

"T-Thanks.." maikling sagot ko at saka naupo sa upuang itinuro nya! Mabilis namang naupo yung kapatid nya sa harap ko.

"Hindi ko akalaing makakasabay na rin kitang kumain ngayon hihihihi.. isn't that sweet?? Hehehe.." si Yaz.

Hindi ko sya sinagot!

"Oh ayan.. eto pa.. at eto pa.. at ayan pa.. at saka ito pa.. Jusmiyo.. kapag kore-korean ang ilalatag sa hapagkainan.. kawawa ang katulong.. Napakaraming side dishes!" si Parrot!

Woooow..

Hindi ko maipaliwanag ang saya'ng naramdaman ko ng makitang lahat ng nakahain sa harap ko ay gusto ko!

Madalas magluto ng Korean foods ang Lola ko noon at madalas rin naman kaming kumain sa mga Korean Resto!

Matagal tagal na rin mula nung huling kain ko sa Korean Resto kaya naman natuwa talaga ako sa nakita ko..

"Why are you smiling?!" maarteng tanong ni Yaz at napatingin naman ako sa kanya! Nakapatong ang mukha nya sa dalawang kamay nya at deretsong nakatingin sakin.

"Why are you asking?" pigil ang inis na tanong ko.

"Because I wanna know.. I'm curious.. why are you happy to see these foods? Is it your first time?? Hehehehe.."

"Tch.."

"Hoy Ate.. alam mo bang apo yan ng may ari ng school namin?! Wag mo ngang minamaliit yan!"

"Oh?! Yung BIS?!"

"Oo!" sigaw ni Parrot sa kanya na lumabas mula sa dirty kitchen at may dalang dalawang pitsel ng softdrinks. **"Teka kukuha pa ko ng tubig.. Hoy Maxpein! Bilisan mo! Gutom na yata 'tong bisita mo! Yung bwisita ko mukhang busog! Nag-iingay pa e!"**

"Shut up Zarnaih!"

"Whatever Ate! Whatever! Bisita ka dito kaya magdusa ka! Ngayon lang ako mabait sayo!" sigaw nya pa na lumabas naman at may dalang pitsel ng tubig.

Napatingin ako kay Taguro na bumaba at...

Ang cuuuutttee nyaaa!!!!

Nakapajama sya at nakablack na sando..

"Bakit hindi ka pa kumakain?" biglang seryosong tanong sakin ni Taguro.

"H-Hinihintay kita e.." wala sa sariling usal ko.

"Hmm.. are you guys in a relationship or something??" biglang tanong rin ni Yaz at nagkatinginan naman kami ni Taguro.

"Mukha ba kaming ganon?" nakangising tanong ni Taguro sa kanya.

"No way.." biglang bulong ni Yaz na hindi makapaniwalang nakatingin sa kanya!

"Kumain na tayo.." nakangiting sabi ni Taguro at saka naupo sa tabi ko.

"Oh!" nakaturong reaksyon ni Yaz kay Taguro na nagulat naman at parang nagtatanong! **"B-Bakit tumabi ka sa kanya? Aren't you going to sit here beside me?!"**

"Ano ba Ate?! Bisita ni Maxpein si Deib!" singit ni Parrot!

"I'm also a guest here.. duh!?"

"But you're not considered as one.. kaya manahimik ka na dyan at gutom na kami!"

"Kumain ka na.. wag mo na lang silang pansinin.." nakangiting sabi pa ni Taguro kaya naman nginitian ko na lang sya.

Ang totoo ay hindi ko na maintindihan ang nararamdaman ko.

Naghalu-halo ang masaya, masarap, kilig, tuwa at kung anu-ano pang positibong pakiramdam sa buong sistema ko. Hehehehe!

Parang may kuryenteng dumadaloy sa katawan ko na talaga namang kumikiliti sa bawat ugat na meron ako..

Iba yung pakiramdam.. at hindi ko pa 'to naramdaman..

Nagtuloy kami sa pagkain at habang kumakain ay wala pa'ng nagsasalita..

Kahit dati ko na 'tong kinakain at natikman.. parang bago lang sa panglasa ko! Hehehehehe!' sabi ko pa sa isip ko habang masayang kumakain.

"What's this?!" biglang tanong ni Yaz na nakatingin sa Bibimbop.

"Bibimbop.." sagot ni Taguro.

"Yeah.. and what is that?!"

"Mixed vegetable rice and beef.."

"I see.. this is good.."

"Mmm.."

Masayang nagtuloy kami sa pagkain at maya maya ulit.

"So how's your studies??" nakangiting tanong ni Yaz na tumingin pa saming tatlo. Nagkatinginan pa kami ni Parrot bago sya sumagot.

"Okay naman lahat.. sana ganon pa rin ngayong nandito ka na.. hays.." si Parrot.

"Do you really have to be this mean!?" sarkastikong tanong ni Yaz sa kanya.

"Yes.."

"Psh! Loser!"

"Come on Ate.. hindi ko maintindihan kung bakit kailangang pumunta ka pa dito.. Hindi naman tayo close di ba??"

"Ha! So tinataboy mo ko ganon!?"

"Anong tinataboy?! Hindi ba't kumakain ka pa nga!? Haller!?"

"Psh! Isusumbong kita kila Daddy!"

"Go ahead!"

"Ano nga bang ginagawa mo dito, Yaz? If you don't mind me asking.." sabat ni Taguro sa mahinahong paraan.

"I actually came for a visit.. I want to relax.. I want to go somewhere na bago sa pakiramdam at paningin ko.. Since wala naman ako masyadong alam dito.. dito ako dumeretso hahaha.. I know it would be fine with you.. and I really don't care kung ayaw nitong kapatid ko.." sarkastiko ang sagot nya.

"E kasi.. sa dami naman ng kaibigan mo sa Manila.. hindi ko maintindihan kung bakit dito pa!" si Parrot!

"Look.. I've no plans on staying here okay?! My plan was to visit here and go somewhere!"

"What?! So you mean.. y-you're going to stay here?!"

"Yes.. I told you already.. I've more reasons to stay here.. now.." nakangiting sagot ni Yaz habang nakatingin sakin!

Baliw ba sya!? Tch!

"Magkakaklase kayong tatlo?" nakangiting tanong pa nito.

"Schoolmates.." sagot ni Taguro. **"Third year kami ni Naih.. Fourth year sya.."**

"I see.. E bakit magkakasama kayo??"

"Ako ang nagsama kay Deib dito remember?!" tanong ni Parrot sa Ate nya. **"Ang totoo ay nagpasama ako sa kanya dito dahil nga nagtext kang dumating ka! Akala ko nagbibiro ka lang! Kaya naman ako 'tong si tanga.. sa kagustuhan kong magtago at alaming dumating ka nga.. nakiusap pa ko tuloy sa kanya na samahan ako dito!"**

Ganon ba yun!?

"Is that so?? Hahahaha.. well then, anong naramdaman mo nung nalaman mong nandito ako, sister?!"

"Nabwiseeeeet!!! Matinding bwiseeeet!"

"Hahahahaha! You're so mean!"

"Tsa! Umuwi ka na bukas ah!"

"Ugh! Come on Zarnaih! Ngayon pa!?"

"A-Anong ngayon pa!? Bukas nga di ba!?"

"I mean.. why now?! Bakit ngayon pa?! Ngayon pa'ng nakilala ko na si Deib!?"

Ano bang sinasabi nya?!

Gulat kaming napatingin ni Parrot sa Ate nya! Si Taguro naman ay dahan dahan ring napatingin sa kanya!

"M-May gusto ka kay Deib!?" hindi makapaniwalang tanong ni Parrot sa Ate nya.

"I'm not sure.. hahaha.. But I like him.. Anggulo pa e hahahahaha!"

"Huk!" nabilaukan ako!

"T-Tubig.. tubig.. eto tubig.." abot sakin ni Parrot.

"T-Thanks.." napapahiyang sagot ko.

"Pagpasensyahan mo na 'tong Ate ko.. hehehe.. a-abnormal kasi.."

"Kung hindi naman pala in a relationship sina Max and Deib.. so, anong masama!? Walang masama.. wala akong nakikitang masama! Hahahaha! If liking you is a crime.. then I'm guilty.. Hahahahaha!"

"W-What!?" hindi ko napigilan ang sarili kong magtanong!

"Mmm.. I'm guilty... Hahahahaha!"

"H-Hindi ka ba nahihiya sa ginagawa mo??"

"Why?! Hahaha.. anong nakakahiya sa ginagawa ko!?"

"I can't believe that you're actually saying this.."

"Hahahaha.. is it first time?? Hearing theses things?? First time mo?? Hahahaha! Don't worry Deib.. ngayon ko lang rin ginawa 'to hahahahahaha---"

"Stop it.."

"Huh??"

"I said stop it.. hindi ako natutuwa.."

"Wooooaaahhh..." biglang sabat ni Parrot. **"Manahimik ka na lang kasi Ate.. pwede?!"**

"Okay.. hehehe.. mukhang hindi gusto ni Deib ang moves ko ngayon.. Don't worry.. babalikan kita hehehehe.." maarte'ng sabi nya pa sakin at hindi ko naman na sya pinansin!

Hindi ko maintindihan ang ginagawa nya! Tinitrip nya ba ako o ano!?

"Bakit nga pala mga hindi kayo nakauniform??" biglang tanong ni Yaz na naman!

"Sportsfest namin ngayon.." walang ganang sagot ni Parrot sa kanya. Napatingin naman ako kay Taguro at tuloy tuloy lang ang pagkain nya.

Wala ba talaga syang pakialam!? Tch! Badtrip ka!

"Oh!? Saan!?"

"Sa SIS.. dati naming school.."

"Cool! I wanna see you!"

"Wag na.."

"Why not?! Gusto kong manood e.."

"Hindi pwede ang outsiders.."

"O-Outsders!? Hello!? Do I look like one?!"

"You are one!"

"Basta.. manonood ako.."

"May laro kami parepareho bukas.." biglang sabat ni Taguro.

"Really? What time?"

"10am.."

"I wanna see you.. I wanna watch!"

"Go.."

"Yeeesss!"

"Nooooo!!!!" sigaw ni Parrot!

Ang gugulo!

Hindi ako natutuwa sa pinagsasasabi ng kapatid ni Parrot at mas hindi ko gusto yung pakiramdam ko dahil sa ginagawa nya!

Hindi ba sya nahihiya sa mga pinagsasasabi nya?! Ngayon nya lang ako nakita at nakilala tapos ganon ang sasabihin nya sakin?! Tch!

Maganda sya.. Sobrang ganda..

Pero hindi ako attracted sa kanya! Hindi dahil si Taguro ang gusto ko.. pero meron sa kanya na hanggang don lang ako sa masasabi kong maganda sya! Yung hanggang maganda lang sya sa paningin ko at hindi na ako aabot sa puntong magugustohan ko sya!

Jeolte andwae!

Mabilis naming tinapos ang pagkain at sila Parrot at Taguro ang nag-ayos ng lamesa kaya naman...

"You like my friend.."

"Eh?" takang tanong ko.

"Si Max.. you like her?"

"W-Why?"

"Hahahaha.. you like her.."

"W-What!?"

"Come on.. napagdaanan ko na yan hahahaha.."

"You're not a guy.. kaya magkaiba pa rin ang pinagdaanan natin.."

"Pero mag pinagkapareho pa rin hahahaha.. Why don't you just answer the damn question?! Hahahaha!"

"Tch! Nasa sakin na yung kung sa a-anong paraan kita sasagotin.." inis na sagot ko.

"Hahahaha.. yan ang nagustohan ko sayo.."

"What?!"

"Hahahaha.. yan.. yan mismo.. Yung pagiging masungit mo.. Yung angas ng dating mo.. Hmmm.. lalaking lalaki!"

"Shut up.."

"I think I really like you hahaha.. at kung wala naman kayong relasyon ni Max.. edi---"

"Akina muna sya.."

Dahan dahan akong napatingala at nagtama ang paningin namin ni Taguro!

TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!

Ngumiti sya sakin at saka inabot ang kamay nya..

"Tara sa labas.." dagdag pa ni Taguro.

Napatingin naman ako Yaz na nakasimangot agad habang nagpapalipat lipat ng tingin saming dalawa..

"S-Sige.." usal ko at saka tumayo at inabot ang kamay ni Taguro-----

WTF!

Bigla nyang inalis ang kamay nya!

"Hahahahahhaahhahahahahahahahahahaha!" malakas na tawa ni Yaz!

Napahiya ako!

Dahil nung aabotin ko na ang kamay ni Taguro ay mabilis nya ring binawi yun!

Inis akong tinignan sya sa mga mata at nakangisi naman sya!

"Let's go.." yaya nya at saka tinalikuran kami! Salubong ang kilay na tinignan ko naman ang bumubungisngis pa ring si Yaz!

"What!"

"Hahahahaha.. sakin ka na lang kasi.. Hindi kita gaganyanin.."

"Shut up!"

"Bwahahahahahahahaha.. same old Maxpein.."

"Tch!"

Hindi ko na sya pinansin at bagsak ang balikat na sinundan ko si Taguro!

Naninigarilyo na sya paglabas ko!

"Tch! Niyaya mo ko dito para usukan!?" inis na tanong ko.

"Dito ka sa harap ko.."

Nagulat ako sa sinabi nya at mukhang tanga'ng naglakad naman ako papunta sa harap nya. Hindi sya nagsalita.. malumanay ang kilos na tumingin sya sa mga mata ko..

Pilit kong tignan rin sya sa mga mata kahit na lintek ang pagkailang na nararamdaman ko.

"San ka nagpunta kanina?" malumanay ang tono'ng tanong nya at saka muling humithit sa sigarilyo nya.

"D-Dito nga.."

"Matapos nating mag-usap dumeretso ka dito? Tss.."

"H-Hindi.. don muna sa room naming mga basketball players.."

"San kayo dumaan ni Naih? Hindi ko kayo nakita.. ang tagal ko don sa gate e.."

Matagal sya don!? Ano namang ginawa nya don!?

"N-Nasa kabing s-side ng SIS yung kotse ko.. hindi kami dumaan don sa.. d-don sa gate kung san kita nakita.."

"Mmm.." tatangu-tango pang sagot ny at tumingin na naman sa mga mata ko!

Bakit ba ganito yung nararamdaman ko!? Hindi na naman ako makatingin sa mga mata nya!? Hindi ba't dapat mas malakas pa ang loob kong tignan sya!? Kasi ako yung umaming may gusto sa kanya! Pero bakit mas nakakatingin pa sya ng deretso sakin kesa ako sa kanya! Badtrip!

Kahit naiilang ako.. aaminin ko.. MASARAP sa pakiramdam yung ganito kasimple'ng ginagawa namin ni Taguro..

Kahit mausok.. hindi ko maipaliwanag yung saya na nararamdaman ko habang kaharap ko sya..

Pagod ako galing sa interhigh pero parang wala akong ginawa magdamag..

Busog ako pero parang pakiramdam ko.. okay lang saking magdamag na tumayo..

"P-Pero.. n-nainis talaga ako.." pilit na humugot ng lakas para masabi ko.

"San?"

"A-Anong san!? Tch! Sa ginawa mo!"

"Tss.."

"Bakit kasi.. sinundo mo na.. Pinag-enjoy mo pa! Ni hindi ko man lang nga naenjoy yung pag-angkas sayo nun dahil lasing ako at wala akong maalala!"

"Edi iaangkas kita ngayon.."

Unti-unti'ng tumayo ang balahibo ko simula sa paa hanggang sa ulo ko!

Bakit ba twing may sasabihin syang maganda.. kinikilig ako!? Hahahhahaha!

Kabadingan yan Deib!

"G-Gagawin mo yun?" pilit inaalis ang hiya'ng tanong ko.

"Oo naman.. nagawa ko nga sa kanya e.."

"Tch! Wag mo nga akong ikumpara don.."

"Hindi kita kinukumpara.. sinasabi ko lang.. Tss.. buti nga ikaw ang unang nakasakay dyan e.." sabi nya na tumingin pa sa motor nya.

"Ako nga ang nauna---wala naman akong maalala!"

"Edi ipapaalala ko sayo araw-araw.." nakangisi pang sagot nya!

Badtrip.. hehehhehehehe!

"Bakit ba kasi k-kailangan mo pang sunduin yun? Tch.. hindi mo naman kasalanang nagkaganon yun.."

"E bakit rin ba kasi.. kailangan mong magkaganyan? Sinundo ko lang naman yung tao.. hindi ka dapat magkaganyan dahil bukod sa

pagsundo at paghatid ko sa kanya wala na kaming ibang ginawa.."

"Bakit ba kasi hindi mo na lang sagotin yung tanong ko?! Tch! Sinasagot mo rin ako ng tanong e.. pano ko malalaman yung sagot mo! Badtrip.."

"Bago ka kasi magtanong.. alamin mo muna kung bakit kailangan mo pang magtanong.." nakangiting sagot nya.

"Ang sabihin mo.. ayaw mo lang sabihin!"

"May karapatan naman siguro akong maglihim?" nakangiti munit seryosong tanong nya kaya naman nakanguso akong iniiwas ang paningin ko sa kanya.

"Ang sabihin mo wala ka lang talagang pakialam sakin.."

"Tss.. kaya pala nandito ka ngayon??"

"A-Ano??"

"Kung wala akong pakialam sayo.. kanina pako tulog.." sagot nya habang nakatingin sa malayo at nakaramdam na naman ako ng tuwa.

"E-Edi matulog ka na!" nakanguso pa kunwaring sagot ko.

Ang bading mo Deib! Badtrip!

"Nandito ka pa e.." sagot nya na muling tumingin sakin.

"E-Edi uuwi na ko!"

"Mamaya na.. kinakausap pa kita e.." biglang ngumiting sagot nya. **"Bakit ba nagkakaganyan ka?"**

"E-Eh n-nagseselos ako e.."

Hindi sya sumagot!

Napatungo ako sa paa ko dahil sa hiya at saka pumikit!

Tanga tanga amp! Bakit ko ba nasabi yun! Badtrip!

Jahe ang king ina!

Gusto ko ng umuwi..

Dahan dahan kong iniangat ang ulo ko nung ilang segundo na ang nakalipas at hindi pa rin sya nagsasalita..

Tumingin pa muna ako sa dalawang gilid kunwari bago ako tuluyang makatingin sa mukha nya..

Matamis ang mga ngiti nya habang nakatingin sakin!

Taguro... wag naman ganito.. lalo akong nahuhulog sayo e! Tsk!

"Bakit ka nagseselos?" nakangiting tanong nya pa rin.. malumanay at dahan dahan ang pananalita nya.

"K-Kailangan ba ng dahilan p-para magselos?!" inis na tanong ko.

"Hindi pero.. gusto kong marinig ang dahilan mo ngayon.."

"Tch! Pwede ba yun!?"

"Mmm.. gumawa ka ng dahilan.."

"Tch! Ang sabihin mo.. gusto mo lang marinig na sabihin kong dahil may *'gusto ako sayo'*.." ngingisi ngisi pang sagot ko.

"E yun naman talaga ang dahilan di ba?"

"O-Oo.."

"Tss.. andami mo pang sinabi.." natatawa pang bulong nya. **"Hindi ka dapat magselos sa kanya.."**

"B-Bakit?"

"Dahil wala naman akong gusto sa kanya.."

"E b-bakit kailangang s-sunduin mo sya?!"

"Edi susunduin rin kita.."

Nagulat ako sa sinabi nya at natawa naman sya!

"Naniniwala kasi akong ang selos ay nararamdaman lang kapag gusto mo o hinihiling mong ikaw yung nasa posisyon nung tao'ng ginagawan ng maganda nung tao'ng gusto mo.. Hindi porket may mga bagay na hindi nangyayari sayo ngayon.. ibig sabihin ay hindi na mangyayari sayo ang mga yun.." nakangiti munit malumanay na sambit nya pa. **"Kaya kung nagseselos ka dahil sinundo ko si Gonza.. edi susunduin rin kita.."**

Hindi ko maipaliwanag ang nararamdaman ko!

Ang bilis bilis ng tibok ng puso ko na parang kakawala na sa dibdib ko!

Masaya pero ewan ko ba kung bakit kabado'ng kabado ako! Hindi man lang bumabagal ang tibok ng puso ko!

Bakit sya ang nagpaparamdam sakin ng ganito?! H-Hindi ba't dapat ako ang nagpaparamdam sa kanya ng ganito?! Kabadingan!

"Tch! Hindi na.." nakangusong sagot ko pa habang pinipigilan ang kaba'ng nararamdaman ko. **"B-Baka mamaya mag-assume ako tapos.. w-wala naman pala.. h-hehehehe.."** napapahiyang sagot ko.

Hindi sya nagsalita at ngumiti lang sakin bago iniiwas ang paningin nya.. Tumingin na lang rin ako sa iba..

"Nakausap ko si Kim.."

Napatingin ako muli sa kanya matapos nyang sabihin yun! Nakatingin lang sya sa sigarilyo nya habang nilalaro yun sa mga daliri nya!

"Sinabi mo sa kanya?" tanong nya pa at napatango naman ako. **"Bakit?"**

"A-Anong bakit?"

"Bakit mo sinabi sa kanya?"

"H-Hindi ko na m-mapigilan e.. g-gusto kong t-tumigil na sya.."

"Saan?"

"Sa g-ginagawa nya.. p-parang ang d-dating kasi sakin nung ginagawa nya e.. naghahabol pa sya.."

"Hindi ba't gusto mo rin naman sya?"

"Noon yun! Hindi na ngayon!" inis na sagot ko at natawa naman sya. **"Hindi ka pa rin ba naniniwala sa sinasabi ko ha!? Sinabi ko na ngang may gusto ako sayo at kanina lang ay sinabi kong nagselos ako don sa bansot na yun tapos ngayon hindi ka pa rin naniniwala?!"**

Hindi sya sumagot!

Nakaramdam ako ng inis!

"A-Ano bang gusto mong gawin ko para mapatunayan ko sayong gusto nga kita??" pigil ang inis na tanong ko pa. **"K-Kasi kung h-hindi ka naniniwala sa paraang ginagawa ko para patunayan sayo.. e-edi sabihin mo sakin kung anong paraan ang gusto mo.. yun ang gagawin ko.."** pilit pinapalakas ang loob na sambit ko pa.

"Ako ang problema.." pilit ang ngiting sagot nya at natinag naman ako at napatitig sa kanya. **"Naniniwala ako sa sinasabi mo dahil nauuna yung kilos mo bago ang mga salita mo.."**

"Y-Yun naman pala e.. b-bakit g-ganyan ka pa rin?"

"Dahil ako nga ang problema.."

"A-Anong problema?" tanong ko habang pinipigilan ang mas matinding kaba'ng nararamdaman ko!

"Wala akong tiwala sa sarili ko at hindi pa ako handang tanggapin ang mga sinasabi't pinapakita mo.."

"M-Max naman.." nanlulumong sambit ko ng pangalan nya. **"K-Kung ganyan yung n-nararamdaman mo pano naman ako??"**

"Anong pano ka naman?"

"Tsk.. ganito na lang ako?? Panay ang pacute sayo.. tapos ikaw ganyan lang?! Panay payabang!? Tch!" inis na sabi ko at natawa naman sya.

"Ganon na nga.."

"H-Ha?!"

"I want someone who will stay.. No matter how hard it is to be with me.."

Hindi ako nakasagot at naiwang tulala sa kanya!

"Tss.." natatawang singhal nya na bahagyang umubo pa. **"Bakit hindi kayo magsama ni Yaz? Pareho kayong expressive.. hehe.."**

"Shut up!" inis na sagot ko.

"Biro lang.." nakangusong sagot nya.

"Tch! Hindi ko gusto ang biro mo!"

"Tss.. nagustohan mo nga ako e.."

"H-Hoy! Ang kapal ng muka mo!"

"Sabihin mong hindi.."

"J-Joke lang hehehe.. oo na.. gusto kita.."

"Tss.." singhal nya at saka humikab..

"Inaantok ka na?" tanong ko.

"Medyo.."

"S-Sige uuwi nako.."

****TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!****

S-Sasabihin nya ba saking.. g-gusto nya na rin ako??

Hindi ko naiwasan ang mapangiti!

'Sinabi ko na nga ba e..'

"Tss.. Wag kang mag-imagine.. hindi ganon yun.."

Akala ko yun na e.. Haaay..

"Ano ba kasi yon!?" inis na tanong ko.

"Si Kim.. nakausap ko nga sya.."

"O e ano naman?"

"Tss.."

"Sinaktan ka ba nya?!" inis na tanong ko.

"Tss.. ako pa!? Hahahaha.."

"Hambog.."

"Honest lang.."

Kahit kailan! Badtrip!

"Oh.. Anong pinag-usapan nyo?"

"Ikaw.." nakatingin sa mga mata kong sagot nya.

"A-Ako? B-Bakit daw?"

"Tss.. ano pa ba?"

"A-Ano nga?"

"Hindi rin sya makapaniwala'ng m-may gusto ka sakin.." sagot nya na nagsindi pa muli ng isa pang sigarilyo!

"Tch!" singhal ko at hindi naman na sya nagsalita ulit. Pinagmasdan nya lang ako at mas nailang ako! **"P-Pwede bang tigilan mo na yang**

paninigarilyo mo!? Tch! Kababae'ng tao.."

"Bakit ba ang tanga non?"

"H-Ha??" takang tanong ko.

"Hindi nya nakita kung anong meron sayo.. Kung kelan wala ka na.. saka nya nakita kung anong meron ka.. Tss.."

Hindi ako nakasagot..

Naintindihan ko ang punto nya.. Malamang ay yung nangyari samin ni Kim ang sinasabi nya. Napabuntong-hininga ako at iniiwas ko ang paningin ko sa kanya..

Kahit ako ay hindi ko maintindihan kung bakit nagkaganon.. Para sakin ay ginawa ko ng lahat.. hindi lang talaga siguro sapat yun para sa kanya.. Tch! Kaya nga nakuha nyang magkagusto sa iba e..

"H-Hindi nya ako kaya'ng mahalin e.. O hindi nya lang talaga alam ang ibig sabihin ng pagmamahal?? Tch! Ang sabi nya mahal nya si Randall.. Ilang araw lang ang nakakalipas mula nung ipamuka nya saking si Randall ang mahal nya at nasaktan nya lang ako.. Na wala lang ako.. tapos ngayon.. babalik sya sakin kung kailan may gusto na akong iba.." pahina ng pahinang sagot ko pa at nagtama naman ang paningin namin..

Ako pa yung mas nailang kaya inalis ko agad ang paningin ko sa kanya!

"Tch.. Hindi yata sya marunong magmahal.." dagdag ko pa.

"Lahat ng tao alam ang salitang love.. Lahat marunonong magmahal at lahat nakakaramdam ng pagmamahal.. May iba't ibang paraan naman kasi yun e.. pagmamahal ng magulang.. pagmamahal ng kapatid.. pagmamahal ng kaibigan.. at ang pinakamahalaga sa lahat.. Pagmamahal ng Diyos.." nakangiting sagot nya pa habang nakatingin sa malayo, napatingin naman ako sa mukha nya. **"Pero ang pinakamasakit na pagmamahal ay yung pagmamahal na ibinibigay mo sa tao'ng gusto mo.. yun bang tao'ng gusto'ng gusto mo hindi dahil kapatid o kapamilya mo sila?? Maaaring kaibigan o kakilala pero yung pakiramdam mo sa kanila ay pagmamahal na gusto mo silang makasama.. Panandalian man o panghabambuhay pa.."** nakangiting sabi nya sa ere at saka tumingin sakin. **"Bibihira na lang talaga siguro yung mga tao'ng mananatiling mahal ka.. sa matagal na panahon.."**

Hindi ako nakasagot at ninamnam ko ang mga sinabi nya.

"Lumilipas ang panahon.. Tumatakbo ang oras.. Nababura ang ibang mga alaala.. Nababago ang nararamdaman.. kahit ang tao ay

nagbabago rin naman pero.. ang puso.. kahit kelan hindi yata marunong makalimot.." natatawa pa kunwaring sambit nya. **"Hindi ko maintindihan ang mundo.. hindi ko maintindihan kung bakit kailangang makaramdam tayo ng ganito? Para matuto? Tss.. siguro nga para matuto.."** napapabuntong-hininga pang sabi nya.

"Tch.. para matuto.. Baka para magkatuluyan tayo??" nakangising tanong ko.

Hindi sya nakasagot sakit kaya naman ngumisi ako ng matinde!

"Tss.. umuwi ka na.. Late na.."

"T-Teka naman.."

"Magkita na lang tayo bukas.."

"P-Pero.. n-nag-eenjoy pako e.." nakangusong sabi ko.

"Tss.. saan?"

"Kausap ka.." sagot ko at natawa naman sya.

"Marami ka pang oras para kausapin ako bukas.. may laro ako sa umaga at ikaw naman sa hapon pa.. inaantok nako.."

"Ang bilis mo namang antokin.."

"Pagod ako e.."

"Hehehehe.. sige.. susunduin kita bukas??"

"Hahahaha oh bakit? Bawal ka bang sunduin??"

"Hindi.. pero hindi ka na pwedeng bumalik dito.."

"H-Ha?! B-Bakit??"

"Dahil ayaw kong may pumupunta dto.."

"B-Bakit?"

"Basta sumunod ka na lang.." seryosong sabi nya at saka ko naman inalala yung mga sinabi ni Parrot kanina.

"S-Sige.." napapahiyang sagot ko.

"Matulog ka na pagkauwi mo.."

"Mmm.."

"Ingat.."

"S-Sige.. salamat.."

"Sige.." sabi nya at umastang papasok na pero hinabol ko ulit sya. "M-Max.."

"B-Bukas.. g-gusto ko makasama kita magdamag.." pilit pinalalakas ang loob na usal ko.

"Bakit?"

"G-Gusto ko e.."

"Tss.."

"Tch! Bakit si bansot isang yaya lang sayo---pumapayag ka?! Bakit kapag ako hirap na hirap kang um-oo!?"

"O di sige.."

"Tch! Napilitan pa.."

"Sige na dahil may kundisyon ka pa.."

"A-Anong kundisyon??"

"Nanalo kayo kanina di ba??"

"Kakantahan mo pa ako dahil nanalo kayo at pinanood kita.. Kaya umuwi ka na para mahaba ang tulog mo.."

"P-Pero---"

"Sige na.. mas maganda kung marami kang tulog.." nakangiting dagdag pa nya. **"Magkita na lang tayo bukas.."**

"S-Sige.."

"Ingat.."

"W-Wala ka bang cellphone?"

"Wala.."

"Tch.. hindi man lang kita matatawagan kapag nakauwi nako.."

"Edi kay Naih.."

"E h-hindi naman kita makakausap ng magdamag dun!"

"Magkikita naman kasi tayo bukas.."

"Gusto kitang kausap ngayon e.."

"Tss.. umayos ka nga Sensui.. hahaha.."

"W-What!?"

"Sige na umuwi ka na.. inaantok na talaga ako.."

"Sige.. pumasok ka na.."

"Ingat ka.."

"Para sayo.. mag-iingat ako.."

"Tss.. mag-ingat ka para sa sarili mo.. di para sa ibang tao---"

"Oo na.. oo na.. andami mo pang sinasabi e.. hindi ako makakaalis nyan.. Pumasok ka na.. hihintayin kita bukas ah.."

"Geh.." sabi nya at pumasok na..

Haaaayyy...

Para akong sinusundan ng puso!

Nung makita ko syang pumasok ay parang nakalutang na ako mula pagkasakay ng kotse hanggang pagkauwi!

Matapos kong kausapin sila Mom and Dad at Manang ay nagpahinga muna ako pero hanggang sa pagligo ko para akong nakalutang..

Ramdam ko pa rin yun pakiramdam..

Masaya..

Masayang masaya..

"Kakantahan ko sya?? Hehehehe.. anong kanta naman kaya ang gusto nya?! Heheheheh.. Ssshhhkk.. hindi ko man lang nagawa kay Kim 'to ah?! Iba na talaga 'to hehehe.. hindi ko na kailangang ikumpara dahil alam kong iba 'to sa naramdaman ko sa kanya.. Sorry Kim.. pero gusto ko talaga sya.. at mukhang mas lumalala pa.."

Maya maya pa ay pumikit na ako at natulog.. excited na rin kasi akong makasama sya bukas hehehehe!

OceanofPDF.com

CHAPTER 111 : INTERHIGH

MAX'S POV

♫ ♪ ***'Been running from this feeling for so long.. Telling my heart I didn't need it.. Pretending I was better off alone.. But I know that it's just a lie.. So afraid to take a chance again.. So afraid of what I feel inside.. But I need to be next to you.. Oh I, oh I.. I need to share every breath of you.. Oh I, oh I.. I need to know I can see you smile each morning.. Look into your eyes each night for the rest of my life.. Here with you, near with you, oh I.. I need to be next to you.. Need to be next to you..'*** ♪ ♫

Nagising ang diwa ko sa malakas na kanta'ng yun na nanuot ang mga linya sa isip ko..

Tss.. ang aga aga..

Hindi ko na kailangang magtanong dahil paniguradong isa lang sa magkapatid yan.. pareho silang mahilig magpatugtog kaya hindi na dapat ako nagtataka..

Kahoy lang kasi ang dibisyon ng mga bahay dahilan para marinig mo ang bawat malalakas na ingay..

♫ ♪ ***'Right here with you is right where I belong.. I lose my mind if I can't see you.. Without you there's nothing in this life .. That would make life worth living for.. I can't make it if you're not there.. I can't fight what I feel any more.. Cause I need to be next to you.. Oh I, oh I.. I need to share every breath of you.. Oh I, oh I.. I need to know I can see you smile this morning.. Look into your eyes each night for the rest of my life.. Here with you, near with you, oh I.. I need to be next to you..'*** ♪ ♫

Good morning Thursday!

Pagmulat ko pa lang ng mga mata ko ay nasilaw ako sa liwanag na nagmumula sa bintana..

Tumingin ako sa orasan na nasa side table ko.. 7:00 am pa lang pero masyado ng maliwanag.

Agad akong bumangon at uminom ng tubig..

~TOK!TOK!TOK!~

"Max gising ka na??" si Naih.

"Oo.." malakas na sagot ko.

"Maligo ka na.."

"Geh.." sagot ko habang nakaupo sa gilid ng kama..

♫ ♪ 'I need to have your arms next to mine for all the time.. Holding for all my life.. I need to be next to you.. I need to be next to you.. Oh I, oh I.. Need to be, need to be next to you.. Share every breath of you.. I need to feel you in my arms, baby, in my arms baby.. I need to be next to you..' ♪ ♫

Muli kong inalala yung mga napag-usapan namin ni Sensui kagabi.. at ang isa sa kanyang mga sinabi..

"Tch.. para matuto.. Baka para magkatuluyan tayo??"

"Tss.. kapag nangyari yun.. Maniniwala na ako sa karma.." ngingisi ngising bulong ko pa. "Karma natin sa isa't isa.."

Bumangon ako at saka naligo..

Maya maya lang ay bumaba na ako.

Nakita kong nakaupo si Yaz sa sofa habang nagbubuntingting ng laptop nya habang nakaheadset at si Naih naman ay nakasimangot habang nagpreprepare ng breakfast. Tumingin agad sya sakin nung tuluyan na akong makababa.

"Tss.. bakit ganyan ang itsura mo?" mahinang tanong ko sa kanya at masama ang tinging isinensyas nya naman ang kapatid nya na agad ko namang sinulyapan bago tatawa tawa'ng tumingin sa kanya. **"Bakit?"**

"Psh.. anong bakit!?" inis na bulong nya at pumunta sa kusina, sinundan ko naman sya at nagtimpla ako ng kape. **"Nakakainis.. hindi ko gustong nandito yang babae'ng yan!"** singhal nya pa.

"Bakit naman?" tanong ko.

"Ano ka ba?! Puro ka bakit! Bakit ka ng bakit! Alam mo naman! Hindi naman kami close di ba?! Kaya nga ako umalis samin at nagpunta dito dahil ayaw ko syang makasama! Tapos ngayon nandito sya! Psh!"

"Kapatid mo naman yan e.."

"Nandon na ako sa magkapatid kami e! Pero hindi ko nga sya gusto'ng nandito! Alam mo naman yung gap namin e!"

"Pero sana hindi mo ko sinisigawan di ba? Hindi tayo magkalayo.."

"Psh.." sumiring pang singhal nya at saka sumandal sa lababo at nagkrus ng braso. **"Tatawagan ko si Daddy at sasabihin kong pabalikin na sa probinsya ang babae'ng yan! O kaya naman ay ipipilit kong**

paghanapin nila ng sariling matutuluyan! Basta ayaw ko syang makasama sa iisang bubong lang!"

"Ang sungit mo.."

"A-Anong masungit!? Naiintindihan mo ba ang sinasabi ko ha?! Ayaw ko'ng nandito sya---dahil hindi kami okay! Hindi kami kailanman naging okay! At hindi na kami magiging okay! I don't like her and I hate her! Tapos magsasama pa kami sa iisang bubong!? Anong gagawin nya dito?! Aasarin ako buong magdamag!?"

"Wala ka naman magdamag e.."

"Oo nga!"

"Edi ayos lang yun.."

"Ay jusko Maxpein! Ano ba?! Sino ba saming dalawa ang kaibigan mo ha?!"

"Ikaw.."

"Oh e bakit parang mas kampi ka pa sa kanya?! Nakakainis na ah!"

"Tss.. hindi ko sya kinakampihan.."

"Ewan sayo!"

"Woi.. hindi porket magkaaway kayo e sasawsaw nako.. Hindi ko sya kinakampihan.. hindi lang talaga tama na magalit ako sa kanya dahil kaaway mo sya.."

"Ganon na rin yun e!"

"Magkaiba yun timang.. kung galit ka sa kanya e wag mo nakong idamay.. Tama sya.. bisita sya dito.."

"Letse! Hindi sya bisita! Abala sya! Abala!"

"Marinig ka nun.."

"Pake ko! Totoo naman e! Ipapamukha ko sa kanya kung paanong pinagmukha nya akong peste sa sarili naming bahay noon! Kala nya ah!"

"Para kang bata.."

"Talaga! Di bale ng mag-ugaling bata basta magantihan ko sya.."

"Tss.. hindi mo ba naisip na baka may dahilan sya kaya sya nandito?"

"Psh! Oo.. naisip ko yan! At ang nakikita kong dahilan ay ang bwisitin ako!"

"Hindi ba nabubuset Ate mo sayo??"

"Huh?! Hindi nga kami close di ba?! I hate her nga di ba?! Kaya nga kami ganito dahil ayaw namin sa isa't isa! Ano ka ba Max!? Kumain ka

na nga! Lutang ka na e!" inis na talagang sigaw nya sakin.

"Kaya nga.. hindi kayo close at ayaw nya rin sayo.. You both hate each other.. Edi sana naisip mo rin kung anong nararadaman nya matapos nyang lumapit sayo.."

"Psh! Anong ibig mong sabihin?!"

"Kung ayaw nyo pareho sa isa't isa e.. ano sa tingin mo ang dahilan nya para ikaw mismo ang puntahan nya?? Tss.. Mahirap para sa isang tao ang lunukin ang pride nya at lumapit sa mismong kaaway nya.."

"So!?"

"Baka may pinagdadaanan sya kaya naman kahit alam nyang hindi kayo close.. at ayaw nyo sa isa't isa.. ikaw pa rin ang nilapitan nya.. Dahil baka ikaw lang ang pwedeng makatulong sa kanya ngayon.."

"Ano namang problema yun!? At ano namang maitutulong ko don!?"

"Bakit ako ang tinatanong mo? Ako ba sya?" blangko ang mukhang tanong ko pa.

"O e bakit nangangaral ka pa dyan e hindi mo naman pala masasagot lahat!? Tse! Basta---ayaw kong nandito sya! Tapos!"

"Bahala ka.." bulong ko pa at saka binitbit ang kape ko at pumunta sa dining table.

Hindi pa rin natinag si Yaz sa ginagawa nya.

Maya maya pa ay lumabas na rin si Naih mula sa kusina dala ang iba pang pagkain.

"Hoy! Ate! Kakain na!" sigaw ni Naih sa kanya pero hindi sya narinig nito. **"Hoy! Ate!"** sigaw pa ulit ni Naih pero deadma.

"Lapitan mo na.." sagot ko.

"Aba! Bahala syang magutom dyan! Ano!? Ang lagay e lalapitan ko pa sya---makakain lang!? Ano sya senyorita!!?"

O.A. talaga..

"Hoy Ate!" sigaw na naman nya pero hindi ito natinag. **"Hayaan mo sya! Ang lakas na nung component e nagheadset pa! Baliw ang king ina!"** singhal pa ni Naih at nagsimulang magsalin ng pagkain.

May nakita naman akong papel sa paanan ko. Kinuha ko yun at binasa ang nakasulat don.

To do list:

1. Grocery

2. Shopping

3. Salon
4. Buy a new phone
5. Watch Deib ♥

Napatingin agad ako kay Yaz dahil alam kong kanya yun..

Tss..

Nilamukos ko ang papel at saka ibinato sa kanya..

SAPUUUULLLL..

Tinamaan sya sa ulo..

"Oh my God---ano ba! Sinong bumato!!!" malakas na sigaw ni Yaz na lumingon pa samin saka tinanggal ang headset nya.

"Kakaen na.." malumanay na sagot ko at nanlaki naman agad ang mga mata nya.

"Oh is that so?" gulat na tanong nya at saka tumayo. **"Bakit hindi nyo ko tinawag?"**

Walang sumagot sa kanya hanggang sa makarating sya sa dining table.

"Hotdog.. Egg and R-Rice?!" si Yaz. Tumingin lang kami ni Naih sa kanya. **"W-Walang bread??"** nahihiya pang tanong nya. **"I don't really eat rice in the morning e.."** maarteng sabi nya pa.

"Wala kaming tinapay---hindi kami nakukuntento sa tinapay!" inis na sagot ni Naih sa kanya.

"Kailangang sumigaw?"

"Oo! Sa lakas ng sounds sa bahay na 'to---OO! Kailangang sumigaw! Wag ka ng magreklamo dahil nandito ka sa teritoryo namin! Kung anong nakahain.. yun ang kainin mo!"

"Psh! Whatever Zarnaih.." pang-aasar pa ni Yaz sa kanya.

"May plano ka namang maggrocery di ba?! Bilhin mo lahat ng kailangang meron sa loob ng isang bahay! Para kahit papano ay matuwa ako sayo!"

"Oh suuurrreee.. hahaha! Para naman kahit mukhang pangmahirap ang tinutuluyan ko e.. pangmayaman naman ang mga laman nito.. Hahahahahaha! So fetch!"

Nagtuloy na lang kami sa pagkain ng hindi nag-uusap..

Seryoso kaming kumakain ni Naih samantalang panay ang sayaw naman ni Yaz habang namamapak ng itlog at hotdog.

Hindi naman kami sobrang close ni Yaz pero masyado syang mabait sakin..

Wala rin naman akong dahilan para kaayawan sya at hindi gustohin..

Sa madaling salita.. ayos lang naman sya sakin..

"Anong oras ulit ang game ni Deib!?" nakangiting tanong pa ni Yaz.

"Hapon pa.." sagot ko.

"Mmm.. Marami pa akong gagawin ngayon morning e.. I guess before lunch nandoon na ako.. SIS right? Sana matandaan ko pa papunta don hahahaha!"

"Psh.. bakit kailangan mo pa kasing pumunta!?" si Naih.

"Look sister.. si Deib ang ipupunta ko at hindi ikaw! Don't worry!"

"Ahh yeah?! At sino namang may sabi sayong gusto kang makita ni Sensui!?"

"Sensui!?"

"Yun ang tawag namin sa kanya.." si Naih.

"Really?! Hahahahaha.. ang cuuuuttteeee!!!"

Anong cute don?

Hindi ako sumabat sa usapan nila at nakinig lang ako.

"Engot ka ba?! Kilala mo ba si Sensui ha?!" si Naih.

"Hindi.. hahahahahahaha!" si Yaz.

"Ahh talaga?! Hahahaha.. tawagin mo si Deib ng Sensui.. matutuwa yun sayo h-hehehehe.."

Napatingin ako kay Naih at hindi nya ako pinansin.

"Talaga?!" tuwa'ng tanong ni Yaz.

"Mmm.."

"Yiiieee sige sige hahahahaha! I'm so excited.. magaling ba talaga syang magbasketball ha?! Kasi nagresearch ako about him hahahaha.. MVP daw sya?!"

Gulat kaming napatingin ni Naih sa kanya!

"R-Research?!" sabay naming tanong ni Naih.

"Yeah.. Re...Seaaaarch! Research! You don't know research!?" maarte'ng tanong pa ni Yaz!

"Alam namen tanga!"

"Ugh! How could you!"

"I mean.. bakit kailangan mo pang magresearch!?" biglang seryosong tanong na naman ni Naih.

"Of course.. I want to know more of him.. hihihihihi.."

"Duh?! Pwede ka namang magtanong samin!"

"And you think I'm that stupid para tanongin ka!? Hello?! You're crazy at mas maganda ng sigurado yiiieee.."

Baliw na 'to..

"E sinabi ba nyang *'research'* mo kung sino-sinong makakaaway mo kapag nilandi mo si Deib ha!?"

"Ugh... what do you mean?!"

"Kita mo! Baliw pala ah!?" pang-asar pa ni Naih sa kanya. Nanatili naman akong nakikinig lang sa kanilang dalawa. **"Nasabi ba dyan sa research mo na maraming fans si Deib ha!?"**

"H-Hindi.."

"Ha! Hindi naman pala e!"

"Edi sabihin mo na!"

"Hinde!!!! Research di ba?! Research!? Mamatay kakaresearch!"

"Ugh! You're so mean!"

"Yes! I am mean! Very very mean! Letse!"

"Wag nyo ngang gawin sa harapan ko yan.." pigil ang inis na sabi ko.

"S-Sorry.." sabay nilang sabi at saka kami sabay sabay na nagtuloy sa pagkain.

Ilang minuto lang ang nakalipas at paalis na rin kami ni Naih papuntang SIS.

"Galingan nyoooo!!! Susunod ako don!" hatid ni Yaz samin, tinanguan ko lang sya at hindi naman sya pinansin ni Naih. **"Pakisabi kay Deib---- aayyy! Ako na lang pala ang magsasabi.. pupunta naman ako don e hehehehehehehh.. Galingan nyo ah!"**

"Ingat ka.." sabi ko at saka pinaandar na ang motor ko na agad namang sinundan ni Naih.

SIS Parking Lot.

"Pano ba yan?! Mukhang may tama ang kapatid ko sa Deib mo!?" salubong ang kilay na tanong sakin ni Naih at nilingon ko lang sya. **"Hoy! Sabi ko mukhang may gusto talaga si Zaimin kay Deib!"**

"Oo.. narinig ko.." sagot ko habang inilalock ang motor ko.

"H-Huh?! At wala lang sayo!?"

"Tss.. ano ba dapat ang isagot ko?!"

"A-Ano nga ba??" taka ring tanong nya kaya naman nakataas ang labing tinignan ko lang sya sa mukha at saka nilampasan. Naglakad na ako papasok ng SIS. **"H-Hoy.."** habol nya sakin. **"Wala ka talagang gusto kay Sensui!?"**

"Wala.."

"Bakit?!"

"Anong bakit!?" inis na tanong ko.

"Psh.. wag ka ngang plastik! Gwapo si Sensui! Gwapo'ng gwapo! Hindi naman hahabulin at kababaliwan ng mga babae yun kung hinde! May gusto sya sayo at nakakakilig ang mga ginagawa nya sayo! Tapos wala lang sayo?!"

"Kailangan ko na bang pilitin??" sarkastikong tanong ko.

"Oo! Kung yan ang makakapagpalaya sayo---Oo!"

"Tss.. anong laya laya ang sinasabi mo dyan!?" inis na tanong ko.

"Psh.. come on Max.. Hangga't nakikita kong ganyan ka.. alam kong hindi ka okay.."

"Ang labo mo.."

"Hindi ba't si Randall lang naman ang dahilan kung bakit ka ganyan?!"

"Anong ganyan ba?"

"Cold.."

Hindi ko sya sinagot.

"Sige.. subukan mong tumangge.." nakangusong dagdag nya pa. **"Hindi ka mamamatay Max kung susubukan mo! Swak naman kayo dahil pareho kayong may sapak! Mabait si Deib at ramdam kong totoo sya.. Oo aaminin ko.. medyo bumaliktad talaga yung tingin ko sa kanya at nawala ang pagkabadtrip ko sa kanya sa ganon ganon lang.. kasi tignan mo naman di ba?! Akala mo ba madali rin sa kanya yung ginagawa nya?! Duh?! Mortal enemies?! E halos magpatayan na kayong dalawa kakarambol tapos nauwi sa pagkakaron nya ng gusto sayo!? Wow yun Max! Elib!"**

"So, ginusto ko yun??"

"Hindi nga.. Pero.. yung lakas ng loob ng isang Sensui para aminin sayo yung nararamdaman nya.. grabe--iba yun Max! Iba'ng iba! Iba'ng iba sa Sensui na nakilala natin! Sinong mag-aakalang isang Deib Lohr Enrile ang magkakagusto sayo di ba?!"

"Kung may gusto sya sakin.. kailangan ko na rin ba syang gustohin?!" inis na tanong ko!

"Haaayyyss ang hirap mong kausapin.. O sige.. sasagotin kita ng prangka.." sabi nya na huminto pa at pinigilan ako sa paglalakad at pilit na iniharap sa kanya. **"Oo! Kailangan mo syang gustohin!! Kasi naman.. walang mawawala sayo kung susubukan mo.."**

"Kung susubukan ko ng ganito ang lagay ko.. sa tingin mo.. hindi ako makakapanakit ng tao?" seryosong tanong ko sa kanya at natigilan naman sya. **"Hindi lahat ng bagay kailangang minamadali Naih.. at ayokong magmadali.. dahil hindi natin alam.. baka ngayon, gusto nya ako.. at bukas makalawa.. may gusto na naman syang iba.."** seryosong sabi ko pa at saka nagtuloy sa paglalakad. Maya maya lang ay ramdam ko na ang pagsunod nya.

"Naiintindihan naman kita e.. a-akala ko lang kasi.. k-kailangan mo ng tao'ng makakapagparealize sayo nung mga bagay na hindi mo nakikita.. S-Sorry.." mahinang usal nya.

"Naiintindihan rin naman kita e.. Salamat sa pag-intindi pero.. sa tingin ko mas tama'ng pagtuunan ko muna ng pansin ang nararamdaman ko.. bago ang nararamdaman ng ibang tao.."

"M-Meron pa ba?"

"Nang alin?"

"Meron ka pa ba talagang nararamdaman kay Randall??"

Hindi agad ako nakasagot sa kanya.

Nabigla ako sa tanong nya.

Kaya naman bahagya akong napangiti at saka deretsong tumingin sa nilalakaran namin.

"Hindi kita masasagot ng oo.. pero hindi ko rin masabing hindi.." totoo'ng sagot ko. **"Ang alam ko lang.. may nagbago.. hindi na tulad nung noon ang nararamdaman ko kahit papano.."**

"Haaayyss.." malakas na buntong-hininga nya. **"Grabe namang pagmamahal yan.. nakakatakot.."**

"Bakit naman?" natatawang tanong ko.

"E baka kasi.. m-magaya ako sayo e.."

"Tss.. bakit mo naman iisipin yun?!"

"Kasi di ba? Nangyari nga sayo e.. posible ring mangyari sakin.. Nakakatakot talagang magmahal.."

"Hindi kita masisisi kung ganyan ang nararamdaman at naiisip mo.. Dahil hindi ka pa naman nagkaboyfriend--tulad ko.." nakangiting sabi ko habang nakatingin pa rin ng deretso. **"Pero hindi naman porket nangyari sa ibang tao ay mangyayari na sayo.. hindi porket nasaktan ang isang tao.. masasaktak ka na rin.. Hindi mo kasi mararamdaman ang tunay na pagmamahal kung hindi mo susubukan.."**

"Alam ko.."

"At kahit na matakot ka.. hindi mapipigilan ng takot mo ang pagmamahal na nararamdaman mo.."

"Bakit naman?"

"Kasi.. yung mga kilos lang ang napipigilan ng takot.. at hindi ang nararamdaman.. Yung mga kilos lang na makakapagpakita sa mahal nating mahal nga natin sila.." sagot ko at bumuntong-hininga naman sya.

"Ibig mo bang sabihin.. k-kahit na pigilan ko ng takot ko yung nararamdaman ko.. w-walang mangyayari??"

"Mmm.. yan ang paniniwala ko.."

"At yung mga actions ko lang ang malelessen ganon ba?"

"Mmm..."

"So kapag nalessen ang actions ko.. p-parang h-hindi nya na malalaman na mahal ko sya ganon ba?!"

"Kilos lang naman ang nababasa ng mga mata para masabi ng isang tao'ng mahal mo sya hindi ba? Kilos lang rin ang makakapagpadama sa tao'ng mahal mo na mahal mo talaga sya.."

"Hindi rin.. Para sa'kin puso.."

"A-Anong puso??" tanong ko.

"Puso lang ang makakapagsabing mahal ko sya at puso ko lang rin ang makakapagparamdam sa kanyang mahal ko talaga sya.. Psh! Palibhasa wala kang puso!"

"Sige nga.."

"A-Anong sige nga?" gulat na tanong nya.

"Subukan mong pagsalitain ngayon sa harap ko yang puso mo at sabihin mo sa kanyang *'iparamdam'* nya ngayon sakin ang tunay mong nararamdaman.. nang magkaalaman tayo.."

"H-Ha?! Ang hardcore mo! Nababaliw kana?!"

"Tss.. kaya nga sinasabi ko sayo'ng *'kilos'*.. Kilos lang ang makakapagpasabi.. makakapagpakita.. makakapagparadam.. Kasi ang salita.. madaling paniwalan.. pero kilos ang pinagkakatiwalaan.. Naiintindihan mo?"

"Siguro.. anak ka ni Confucius?"

"Tss.. bahala ka sa buhay mo.." sabi ko at saka iniwan sya.

"Hoy! Confucius!!! Hintayin mo ko! Lao Tzu!!!" dinig kong sigaw nya pa. **"Hintayin mo ko! Maxpein!!!"** sigaw nya at nagtuloy pa rin ako. **"H-Hoy!!! Do not do unto others what you do not want others to do unto you!!!!"**

Abnoy..

Natatawa akong naglakad na lang patuloy sa room namin at mabilis naman syang humabol.

Inayos lang namin ang mga gamit namin at maya maya lang ay wala na kaming magawa.

"Agoncillo National High School ang kalaban nyo ngayon di ba?" dinig kong tanong ni Josh kay Naih.

"Mmm.. hehehehe.."

"I see.. galingan nyo ah?!"

"Oo naman hehehe.. kayo ba?!"

"Ovillo Grand High School International ang kalaban namin hehehe.." sagot ni Jigz.

"Ahh.. galingan nyo rin hehe.. kelangan nating manalo.."

"Oo kaya wag ka ng magpapatalo ha!"

"N-Natsambahan lang ako hehehe.. joke! Oo na! Di bale.. kapag nakalaban naman natin ang SIS ulit.. paniguradong mananalo na tayo hehe.. kasama ko na si Max e.."

"Sino naman kayang makakasama ni Sam nun?!" si Josh.

"Hindi ko alam e.. pero kasi may isa pang magaling don.. match ko naman kaya okies lang.."

"Sige magyabang ka hahahaha kapag ikaw natalo.."

"Hindi na uy!"

"Hahahahaha.."

Hindi na ako nakinig sa kanila at naglakad ako palabas..

Alam kong kahilera lang ng room namin ang room ng LU.. kaya hindi na ako magtataka kung makakasalubong ko dito si Gonza.. at hindi nga nagtagal ay natanaw ko na sya.. kausap yung Jermayne na parati nya ring kasama..

Bahagya pa akong lumapit sa likuran nila..

"Pero sagot nila yung hospital bills mo?!" tanong nung Jermayne sa kanya.

"Psh.. ano pa nga ba? Bigtime e.. ang alam ko ay magkakakaibigan rin sila nung mga may ari nitong SIS.. Sabagay.. hindi na ako magtataka! Ang mga mayayaman.. gusto mayayaman rin ang kaibigan!"

"Nagkataon lang siguro.."

"Hindi rin.."

"Nagpasalamat ka ba naman don sa ginawa nilang pagbabayad nung bills mo?!"

"Hindi!"

"Ha!? Bakit?! Nakakahiya ka pre!"

"E ni hindi man lang nga sila nag-abalang tignan kung okay na ako e! Nalaman ko na lang bayad na ako!"

"Ha?!"

"Oo!"

"Grabe.."

"Psh.. sinabi mo pa.."

"Pero hahahaha bakit ka nga naman nila bibigyan ng panahon para tignan.. sino ka ba? Hahahaha.."

"Ako lang naman si Kev Gonza ng Luna.."

"Luna.. Oo pre! Luna! Kev Gonza ng Luna na pag-aari mismo nila!"

"Psh.." singhal ni Gonza sa kanya. "Hindi ko pa rin malilimutan yung ginawa nila kay Nanay.."

"Ayan ka na naman pre e.. sa Nanay mo nga parang balewala lang e.. bakit ikaw ganyan ka pa rin!?"

"Psh.. alam mo naman e.. bakit nagtatanong ka pa!? Yung Nanay ko.. k-kahit ganon yun.. mahal ako nun.. mahal na mahal! Kaya naman hindi ako papayag na gaganunin lang sya ng mga mayayaman na Moon na yan!"

"E bakit?! Sayo ba ginawa ha!? Ni hindi mo nga nakita kung anong nangyari sa kanila e.. at saka pre.. ano ka ba!? Hindi mo dapat pinuproblema ang problema ng iba.. kung ako sayo.. ang isipin mo na lang.. maswerte tayo at nakapasok tayo ng libre sa school na pag-aari nila.. na nakakapag-aral tayo ng walang bayad! Psh! Hindi lahat nabibigyan ng ganon kagandang opurtunidad bro.."

"Alam ko naman yun e.. Pero ang utang ay utang.."

"A-Anong utang?! Wala silang utang sayo gunggong! Nagtanim ka lang talaga ng sarili mong sama ng loob! Wala namang ginagawa yung mga tao sayo hahahaha!"

"Hindi mo kasi naiintindihan pre.."

"Hindi ko talaga maiintindihan dahil sa paningin ko ay maayos naman ang pamilya mo.. utak mo lang talaga ang hindi.."

"Psh.. pwede bang wag ka na nga lang kumontra?! Suportahan mo na lang ako dahil kaibigan kita! Gusto ko lang malaman kung bakit nila ginawa sa Nanay ko yun at bukod dun wala na!"

Hindi ko na tinapos pa ang usapan nila at naglakad na ako pabalik sa room namin..

DEIB'S POV

"Good morning Handsome!" sigaw ko sa sarili ko habang nakatingin sa salamin ng banyo ko.

Naiisip ko pa lang kung gano kasarap ang tulog ko kagabi.. hindi ko na mapigilang ngumiti..

Taguro.. Taguro.. Taguro.. Taguro.. Ano bang ginawa mo para makaramdam ako ng ganito!?

Tumingin ako sa gilid ko at para akong may nakitang mga puso..

Tuminign ako sa itaas at may nakita akong mga bituin..

Tumingin ako sa baba at nakita ko ang sarili ko sa tiles..

Nababaliw ka na ngang talaga Deib hehehehe..

Bumuntong-hininga ako ng malakas..

Sobrang saya nang pakiramdam ko..

Wala pa man akong ginagawa.. pakiramdam ko napakasuccessful na ng araw na 'to..

Pumikit ako at saka nanalangin..

Lord.. salamat sa ganitong pakiramdam.. Salamat ng maraming marami..

Habang naliligo ay nag-isip isip pa ako.. Nagplano ako kung anong pinakamagandang gawin ko.. para mapasaya ko si Taguro.. Isang surprise na hinding hindi nya makakalimutan..

Mabilis akong naligo at saka bumaba para magbreakfast..

"Grabe naman yang pabango mo!" sigaw ni Noona pagkababa'ng pagkababa ko!

Panira ng happiness! Tch! Badvibes.. hindi dapat dikitan at tularan! Hehehehe!

Naglakad ako papalapit sa kanila at hindi ako tumabi kay Noona.

"Good morning Dad! Mom! Manang!" bati ko sa kanila!

"Good mornig iho.." si Manang.

"Morning Son.." si Dad.

"Good morrrning baby hihihihi.. sitdown.. sitdown.." si Mom.

"Bakit naman umaalingasaw ka ha!?" si Noona na naman.

"Ahh hehehe.. n-naparami lang siguro.." malumanay na sagot ko at nagtaas naman agad sya ng kilay.

Hindi dapat patulan Deib.. hindi dapat.. Hehehehehe..

"Naparami!? Grabe naman sa dami?! Naibuhos mo ba?!"

"H-Hahahahaha.. s-siguro nga.. s-sobrang amoy ba? Hahahahahaha.."

"Oo.. at sa sobrang amoy mo e nakakahilo na!"

"E bakit ba ang aga aga nangingialam ka?" pigil ang inis na tanong ko.

"Dahil grabe ka magpabango! Hindi na ako magtataka kung higupin yan ng balat mo at mangamoy pati urine mo!!"

"Tch! Nakakadiri ka! Alam mo ng kumakain e----"

"Ang arte mo! Sa susunod nga wag kang magpapabango ng ganyan karami!"

"It's Notorious by Ralph Lauren Noona.. Tch! Palibhasa.. sanay ka na sa mga amoy kemikal.."

"Enough.." biglang singit ni Mom.

"Tch.. ang aga aga e.. sungit sungit---"

"I said enough.." pigil na naman sakin ni Mom.

"Ang bango bango ko kaya hehehe.. di ba Mom?!" tanong ko pa.

"Kumain ka na.."

Nagtataka akong napatingin kay Mom dahil biglang sumeryoso sya.

Hindi ko naman yun pinansin at kumain na lang ako.

Maya maya pa..

"Papasok nako.. Mom.. Dad.. Manang.. Noona.." sabi ko na kumaway pa sa kanila.

"Take care Son.." si Dad. **"Anong oras pala ang game mo?"**

"Hapon pa Dad.."

"I see.. baka hindi muna kami makapunta ng Mommy mo kasi sasama kami kay Chairman.."

"Sige Dad.. hehehehehe.."

"Mukhang masaya'ng masaya ka ngayon ah?" si Manang.

"Slight lang Manang.. hehehe.."

"Kwentuhan mo ako iho ha?"

"Oo naman yes Manang!"

"Aasahan ko yan Deblor!"

"Yeeeess!!!" sigaw ko pa at saka muling kumaway sa kanila at dumeretso na sa kotse ko..

Nandon na kaya sya???

Hindi ko mapigilang hindi isipin si Taguro hehehehe..

"Baka kapag kinantahan kita.. hehehe.. matulala ka?!" parang tangang tanong ko pa habang nakatingin sa manibela. At saka ngingisi ngising pinaandar yun.

SIS Parking Lot.

Bago bumaba ay tinignan ko pa muna ang sarili ko sa salamin at inayos ng konti ang buhok ko..

"Ngayon ko lang nakita ang sarili kong ganito kagwapo.. tsk tsk tsk.." mayabang na sabi ko pa sa sarili ko. **"Kung pwede lang tumibok ang puso ko para sa inyong lahat ginawa ko na.. pero wala e.. hahaha.. sabi lang nya.. tag-u-ro.. tag-u-ro.. tag-u-ro.. hahahahaha! Paksheeet.."** nababaliw ng sabi ko at saka tuluyang bumaba.

Kinuha ko ang bag ko sa compartment at saka nakangiting isinara ang kotse ko at saka sisipol sipol na naglakad sa paradahan ng mga bike at motor..

Sinilip ko kung nandon ang motor nila Taguro..

Nandyan na nga sya.. hehehehehe..

"Napakagandang simula para isang magandang umaga Deib.. hehehehehe.." bulong ko pa at saka masayang naglakad papasok ng SIS..

"Yiiieee gurls.. si Deib.."

"OMG.. ang gwapo nya talaga.."

"Lalo na sa malapit ano?"

"Sobra.. haaayyss.."

"Gusto ko syang hawakan.. huhuhuhu.."

"Ang hirap nyang abutin haaayyss.."

'Wag kayong mag-alala girls.. meron dyang nakalaan para sa inyo.. Hindi man sya sing gwapo ko.. paniguradong mamahalin naman kayo ng todo hehehehe.. Sorry.. I'm taken.. hahahahahahaha!'

Nginitian ko lang sila at saka ako nagtuloy sa paglalakad..

"Kyaaaaaaaaaaa!"

"Nginitian nya ako!"

"Ano ka ba! Hindi ikaw! Ako!"

"Ako kaya!"

"Ako!"

"Ako sabi e!"

"Ako nga kasi!"

"Sakin nga e!"

"Sakin!"

"Ambisyosa!"

"Ilusyonada!"

Tch.. ang puso ko ay nakalaan na sa iba.. Kaya wag na kayong mag-away hehehehe..

Maya maya pa ay nasa room na ako ng basketball team namin.

"Yun oh! Ang aga!" salubong sakin ni Chris. Wala pa sina Lee at Tob.

"Morning brad.." si Remson.

"Aga mo yata Deib?! Ikaw ba yan!?" si Ivan.

"Hahahahaha.. ngayon lang ba talaga ako napaaga ha?!" natatawang tanong ko sa kanila.

"Mukhang good mood pa boy oh!? Hahahaha.. anong meron ha?!" natatawang tanong sakin ni Chris.

"Masaya lang ako sa resulta ng game natin kahapon hehehe.." palusot ko.

"Psh hahahaha..yun ba talaga!?" nanunuksong tanong pa nya.

"Eeeehhh meron pa bang iba?!" nanunuksong tanong ko rin.

"Hahahahaha nampucha brad! Iba ngitian natin ah?! Mukhang nakamove on na ah?!" si Ivan.

"Hoy Ivan! Manahimik ka na nga lang?!" inis na sigaw ko sa kanya.

"Hahahahaha.. pero brad nakamove on ka na?!"

"Matagal na!" sigaw ko sa kanya at saka ko inilapag ang gamit ko at naglakad palabas ng room.

"San ka punta?!" habol sakin ni Dublin.

"Dito dito lang hehehe.. haharapin ang pangarap hahahaha.."

"Pucha.. baliw na si Deib brad!"

"Hahahaha.. inlove ampucha.."

"Sinabi mo pa.."

Hindi ko na sinagot pa ang mga sinasabi nila at nakangiti na lang akong naglakad papunta sa hallway at hinahanap kung saan ang room nila Taguro.

San kaya dito ang room nila? Hehehehehehe..

Dinerederetso ko lang ang hallway na yun at isa-isang tinitignan ang bawat rooms na nadaraanan ko.

"OMG.. saan kaya ang punta nya?!"

"Bakit kaya wala sila Lee at Tob!?"

"Ang aga pa kasi.. quarter lang oh.."

"Ang gwapo ni Deib.."

"Sana dito na lang sya nag-aral ano?!"

"Lois! Si Deib oh!"

"Kyaaaahh! Oo nga hehehehe.. gwapo!"

"Look Yoseyna! Its Enrile!"

"Waaaaaa!! Sya nga! Ngayon ko lang sya nakita ng malapitan!"

"Waaaaaa! Waaaaaaaa! Waaaaaa! OMG! OMG! Sachiko! Mukhang dito ang punta nya!"

"OMG! Chimes! Mukhang dito nga!"

Hindi ko na pinansin yung mga babae'ng taga-SIS na nagsisigawan.. Basta na lang ako nagtuloy sa nilalakaran ko hanggang sa makarating ako sa kalagitnaan..

"R-Rhumzell?" mahinang tanong ko.

OO! Si Rhumzell nga! Ang kapatid ni Randall!

Nakahinto sya sa gitna ng hallway at blangko ang mukhang nakatingin sakin!

"Why... po?" walang emosyong tanong nya!

"W-What are you doing here?" tanong ko. At luminga linga naman sya sa kinatatayuan nya.

"I study here.." kakamot kamot pa ng ulo'ng sagot nya.

"H-Ha?? A-Ahh.. hahahaha.."

"This is our building.."

"A-Ahh.. hehehhehehe.." napapahiyang tawa ko.

"How about you... po? Why are you here.. po?"

Bakit ba ganyan sya magsalita?! Parang napipilitang pang mangu-po!? Tch!

"Ahh hehehe.. sportsfest kasi namin ngayon.. player ako ng school namin sa Basketball.."

"I see.."

"Do you want to watch me?"

"No.."

"H-Ha??"

"I have Spanish Class.."

"I s-see.. hehehehe.. O-Okay.. go to your class now.."

"Okay.. see you around.. po.."

"T-Take care.."

"Thanks.." blangko pa rin ang mukhang sagot nya at saka nilampasan ako.

Kunot-noo ko namang sinundan sya ng paningin at iiling iling na pinagmasdan sya.

Tsk.. Bakit ganon yun!? Tch!

Nung makita ko syang umakyat sa hagdan ay saka ako nagtuloy sa paghahanap ko at maya maya pa ay..

Huli ka!!!! Heheheheheehe.. Nahanap rin kita sa wakas!!!!

Hindi ko nakita si Taguro.. hehehehe..

Pero nakita ko si Parrot!

Kaya naman mabilis akong naglakad papunta don sa natanaw kong room na pinasukan nya at saka sumilip sa may bintana..

Abala si Parrot sa pag-aayos nung mga gamit nya habang kausap yung dalawa pa nilang kasama..

Tumiad pa ako dahil baka sakaling nasa likod lang nung bintana na sinisilipan ko si Taguro kaya hindi ko sya nakikita..

Nasan yun!? Tsk..

"Ehem..."

Dahan dahan akong lumingon at..

Taguro...

Nagtama ang paningin namin ni Taguro..

Magkakrus ang mga braso nya at mukhang nagtatakang nakatingin sakin.

"H-Hehehehe.. s-sinisilip ko kung nandon ka sa loob.. n-nandito ka pala.." napapahiyang sabi ko at tumingin naman muna sya sa loob ng room nila at saka walang emosyong tumingin sakin.

"Kumain ka na??" tanong ko ulit, tumango naman muna sya bago magsalita.

"Kanina bago umalis ng bahay.."

"A-Ahh.. hehehehe.."

"Ikaw?"

"Mmm.. bago rin umalis ng bahay hehehe.."

"Mmm.. e bakit nandito ka?"

Tch! Ayaw mo ba akong makita!?

"E-Eh---"

"Ang aga aga gusto mo nakong makita.." bulong nya pero dinig na dinig ko kaya naman napangiti ako bigla!

"Sabi ko naman sayo.. gusto kitang makasama magdamag ngayon hehehe.." pahina ng pahinang sagot ko. Hindi naman sya sumagot at nanatiling nakatingin lang sakin.

"Yun oh! Ang aga naten ah!?"

Nilingon ko si Parrot at nakangiti naman agad sya sakin! Naiilang naman akong ngumiti rin sa kanya.

"A-Ahh hehehehe.. G-Good morning.."

"Psh! Makagood morning ah!? Ano?? Masaya ba ha??" nanunuksong tanong nya.

"H-Ha?? Ang alin?"

"Ang gising mo.. hehehe.."

"A-Ahh oo.. hehehe.."

"Nakanampucha.. ayos yan! Hehehehehe! Nakakaganda ng laro yan hehehehe.."

"Oo nga e.. don't worry parating na rin si Lee.."

"H-Hehehehe.." kabadong tawa ko pa.

"Asssshole.."

"A-Ano?!"

"Hehehehehe.. wala! Sige na.. tuloy mo na yan.."

Siraulo'ng to..

Pagbaling ko kay Taguro ay nakatingin pa rin sya sakin at blangko pa rin ang mukha nya!

Nakakailang namang tumingin to!

"B-Bakit??" naiilang na tanong ko.

"Nakaisip ka na ba ng kanta mo sakin?" seryosong tanong nya.

"H-Hindi pa e.." sagot ko.

"Mmm.. bakit hindi ka pa nag-isip?"

"Hahahahaha.. naubos oras ko kaiisip sayo e hehehehe.."

"Tss.."

"Totoo hehehe.. nakatulog ako kaiisip sayo.."

"Tara dun.." yaya nya na sumenyas pa.

Agad naman akong sumunod sa kanya.

"S-Saan tayo pupunta??" tanong ko pero hindi nya ako sinagot.. Nagderederetso lang sya sa paglalakad hanggang sa makarating kami sa garden ng SIS. **"A-Anong meron dito?"** tanong ko habang nakatingin sa bermuda.

"Dito ang tambayan ko noon.." sagot nya. Napatingin ako sa kanya at saka ko tinignan ang paligid.

Maaliwalas..

Malinis..

Maraming halaman..

Mahangin..

Masarap ngang tambayan..

"Twing hindi ko gusto ang Lecturer ko.. magdadahilan akong masakit ang ulo at saka ako tatambay dito.." dagdag nya pa.

"A-Ano namang ginagawa mo dito?"

"Natutulog.."

"N-Natutulog?!"

"Mmmm.."

"Bakit!? Oras ng klase!?" gulat na tanong ko.

"Lagi kasi akong puyat noon e.." natatawa pang tanong nya.

"Bakit??"

"Bakit ako puyat?"

"Oo.."

"Mmm.. napupuyat ako kaiisip sa future ko.."

"Ha?! Ang weird.. Bakit naman??"

"Kasi.. hindi ko nakikita ang sarili ko'ng nakatayo sa posisyon ng gusto kong maging ako.."

"H-Hindi ko naintindihan.." napapahiyang sagot ko at natawa naman sya.

"Noon kasi.. gusto kong magtrabaho sa opisina.. First year high school ako non dito nung makita ko ang isa sa mga Lec turer kong nakaupo sa table nya at nagchecheck ng papel.. sabi ko sa sarili ko.. paglaki ko.. gusto kong magtrabaho sa opisina.."

"Oh e anong nangyari?"

"Nagbago ang gusto ko.."

"H-Ha?! Bakit!?"

"Hehehe.. Dinala kasi ako ni Maxwell sa isang Chinese Restaurant at nasarapan ako sa pagkain.. Nagpumilit akong makita yung tunay na Chef pero ang sabi nung Manager nung Resto e hindi daw pwedeng magpakita ang Chef sa mga customers.. kaya simula nun.. sabi ko sa sarili ko.. gusto ko ng maging Chef.."

"Hahahahaha! Ang wirdo mo.." natatawang sabi ko sa kanya at natawa rin naman sya. Umupo sya sa isang upuang bato don at tumingala sa puno. Nanatili naman akong nakatayo at nakatingala rin sa puno'ng tinitignan nya.

"Pero ilang araw lang ang lumipas nung dalhin naman ako ni Mokz sa isang Coffee Shop.. Nakita ko kung paanong tinimpla nung barista yung Moonlight Coffee kung tawagin nila.. nung matikman ko na.. pakiramdam ko wala na akong maalala.. Sobrang sarap.. hanggang ngayon nga alam ko pa rin ang lasa.."

"Edi nagustohan mo namang maging barista?!" natatawang tanong ko pa.

"Mmm.." natatawang tango rin nya.

"Hahahahaha.."

"Ang sabi ko pa e.. magtatayo ako ng sarili ko ring Coffee Shop at kukunin ko yung barista na yon para ituro sakin yung Moonlight Coffee na ginawa nya.."

"Hahahahaha.. ang wirdo mo.." natatawa talagang sambit ko. **"Eh.. ngayon? Ano ng gusto mo?"**

"Hmm.. gusto kong maging doktor.."

"E di ba.. magme-Med ka naman kamo??"

"Mmm.."

"Yun naman pala e.."

"Pero hindi ko parin nakikita ang sarili ko bilang isang doktor.."

"H-Ha? Bakit?!"

"Yun ang sinasabi ko.. napupuyat ako noon kaiisip ng future ko dahil.. hindi ko nakikita ang sarili ko'ng nakatayo sa posisyon ng gusto kong maging ako.." sagot nya at saka muling tumingin sakin. Nagkatinginan kami. **"Hanggang ngayon ay hindi ako sigurado kung anong gusto ko.."**

Hindi ako nakapagsalita at ayun na naman ang nagkakarerang kabog ng puso ko!!

"Sa ganitong araw.. gusto kong maging businesswoman.. sa ganong araw.. gusto ko nang maging pilot.. minsan ko na ring pinangarap maging pintor.. Tss.. Pero maski isa sa mga yun.. hindi ko maimagine ang sarili ko.." nakangiti munit seryosong sabi nya na nakatingin na sa mga bermuda na tinutuka nung mga ibong nakadapo doon. **"Hindi ko nakikita ang sarili ko bilang businesswoman.. pilot.. painter.. office clerk.. chef.. barista.. o kahit doktor pa.."** biglang lumungkot ang mukha

nya. **"Minsan nga pakiramdam ko.. mamamatay ako ng maaaga kaya hindi ko nakikita ang future ko na ginagawa ang gusto ko---"**

"W-Wag ka namang magsalita ng ganyan.." pigil ko sa kanya! Tumingin naman sya sakin at natawa.

"Pakiramdam lang naman.." natatawang sagot nya.

"O-Oo nga pero.. w-wag ka pa ring magsalita ng ganon.." nakangusong sagot ko.

"Tss.. e sa yun ang totoo e.. minsan talaga ay pakiramdam ko.. mamamatay ako ng maaga kaya hindi ko nakikita ang future ko.." bumuntong-hininga sya. **"May nabasa kasi akong libro.. ang sabi nung author nun.. nakita nya daw ang sarili nya bilang manunulat.. bata palang sya.. May napanood naman ako at ang sabi nung dentista ay bata pa lang sya alam nya ng para don sya.. Narinig ko sa radyo'ng sabi nung mamamahayag na noon pa man.. nasa puso nya na ang maghatid ng balita.. Lahat sila.. maliit pa lang.. alam na ang mga bagay na gusto nila.. Pero ako.. kakaiba masyado.."** natatawa pang sagot nya. **"Simula pagkabata ko.. alam ko lahat ng gusto ko.. pero lahat rin ng gusto ko, madaling nagbabago.. Gusto kong maramdaman yung pakiramdam na sinasabi nila.. gusto kong makita yung mga nakikita nila.."**

Mas kumabog ang dibdib ko nung biglang tumingin sya sakin!!!

"Gusto kong gustohin kung ano mang meron ako ngayon.." mahinahong dagdag nya habang nakatingin sa mga mata ko.

"B-Bakit hindi mo gawin?" tanong ko habang kinakain ng kaba ko ang boses ko!

"Dahil ayokong dumating yung araw na.. magustohan ko sya.. Pero sya naman ang may gusto ng iba.."

Hindi ako nakasagot..

Pilit kong inintindi yung mga salitang binitawan nya at pilit na ipinasok ito sa utak ko..

Hindi ko maintindihan ang mararamdaman ko..

Pakiramdam ko ay sinasabi nya saking natatakot syang dumating sa punto'ng magkakagusto naman ako sa iba.

Bakit ko naman gagawin yun!? Tch!

"S-Sinasabi mo bang natatakot kang magkagusto ako sa iba??" pilit pinapalakas ang loob na tanong ko.

"H-Hindi naman sa ganon.."

"Tch.. parang ganon na rin yun.." nakasimangot na sagot ko. **"Dahil ba nagkagusto si Randall sa iba??"**

"Pano naman sya napasali sa usapan?"

"E h-hindi ba't.. n-nagkagusto sya sa iba?? Sa tingin mo ba magkakaganon rin ako!?"

"Si Kim rin naman ang gusto mo noon.. ako na ngayon.. Walang pinagkaiba.. di ba??"

Ang galing talagang magpaikot nitong bwisit na 'to e! Parati akong naiiwang nakanganga! Think Deib! Think!

"Tch! Hindi porket nagustohan kita matapos ni Kim ay may kasunod ka pa! Pano ka nakakasigurong magkakagusto pa nga ako sa iba?! Nakita mo na ba yung future ha!? E hindi mo nga kamo nakikita!" inis na sabi ko sa mismong mukha nya at natawa naman sya.

"Hindi nga.. hindi ko makita ang sarili kong kasama ka e.."

"S-Siraulo ka ah!" inis na sabi ko.

"Biro lang.." natatawa pang sabi nya.

"Tch! Hindi ko maintindihan kung kailan ka seryoso at kailan hindi! Badtrip ka!"

"Tss.. lagi naman akong seryoso.. minsan lang akong magbiro.. nagagalit ka pa.."

"Kasi wrong timing ka!"

"Tss.."

"Look.. Gusto kita ngayon at yun lang ang mahalaga! Saka mo na isipin yung mga susunod pa dahil kahit don rin ang punta nun.. mananatili pa rin tayo sa kung anong meron ngayon!"

"Oh!? Bakit!?" parang naghahamon pang tanong ko.

"Akalain mong naiisip mo yun!?"

"Tch! Oo naman! Matalino rin 'to!"

"Tss.. sige nga.. What are the branches of Biology??" nakangising tanong nya at pinandilatan ko naman sya!

"M-Manahimik ka nga! Seryoso sabi ako e!"

"Hahahahaha.. sige na sige na.. nagbibiro lang e.."

"Tch! Alamin mo kasi yung proper timing! Kapag salubong ang kilay ko.. wag kang magbibiro.."

"Tss.. kapag kinikilig ka.. don lang kita bibiruin--ganon ba?"

"A-Anong kinikilig?!"

"Kunyari pa.." bulong nya.

"H-Hoy---"

"Wag ka ngang maingay.. kalalaki mong tao kung makasigaw ka.."

"E-Eh kasi ikaw.." nakangusong sabi ko. **"Bakit ba ganyan ka?! Bakit ganyan ang pagkatao mo!?"**

"Tanong mo sa dugo ko.." nakangising sagot nya.

"Aaiiisshh!" gigil na singhal ko. **"Kung hindi ka lang talaga si Taguro----kanina pa kita binatukan!"**

"Hindi naman talaga ako si Taguro e.. ikaw lang tumawag sakin nun tss.."

"Oo.. at ako lang ang pwedeng tumawag sayo nun!"

"Tss.. kaya pala halos lahat tinatawag akong ganun!?"

"P-Pero sakin nanggaling yung original! Ako nagbigay sayo nung palayaw na yun.."

"Palayaw your face.."

"Edi bansag!" inis na sabi ko at hindi naman na sya sumagot. Naupo ako sa tabi nya at saka tumingin sa kanya. Hindi naman sya lumingon sakin at nanatili syang nakatingin sa bermuda. **"M-Max.." t**awag ko sa kanya.

"Mmm??" nakangiting tanong nya na hindi man lang lumingon sakin.

"P-Pwedeng magtanong?"

"Nagtatanong ka na nga e.."

"Tch! Umayos ka naman.."

"Sige.." nakangising sagot nya.

"A-Anong naramdaman mo nung m-malaman mong m-may g-gusto ako sayo??" uutal-utal na tanong ko at bahagya naman syang natawa pero nananatiling nakatingin ng deretso sa bermuda.

"Nagulat syempre.."

"Yun lang?!"

"Hmmm.. ano pa nga ba?" kunwaring tanong nya pa at saka umayos ng pagkakaupo. Nakapandikwatro sya habang nakatuon ang dalawang kamay nya sa bandang likod nya at nakatingin naman sa mga ibong lumilipad sa harap namin. **"Nung una.. syempre.. nagulat ako.. Hindi makapaniwala.. Tss.. yung mortal na kaaway ko.. nagpropropose sa harap ko.. ang weird!"**

"H-Hoy! A-Anong weird don!?"

"Yung magkagusto ka sakin.." sagot nya na biglang tumingin sa mga mata ko.

Napalunok ako ng dalawang beses at sobrang lakas ng tibok ng puso ko.

Napabuntong-hininga ako nung alisin nya ang paningin nya sakin.

Kinakabahan ako twing titingin ka sakin! Badtrip!

"Parang hindi kasi nangyayari sa reyalidad yung.. magkaaway.. tapos magkakagusto yung isa don sa isa.. parang ang labo.. Inaway-away mo ko.. pinatid.. tinulak.. dinikitan ng bubble gum---naranasan ko pang magpaikli ng buhok dahil sayo.. Tss.." natawa pa sya kunwari. **"Parang nakakaloko lang.. Anong nangyari ginawa ko sayo para magkagusto ka sakin?"** tumingin ulit sya sakin. **"Inasar rin naman kita.. Tss.. halos araw-araw nga parang umuusok ka twing makikita mo ko.. Pano nangyari'ng nagustuhan ng isang gwapo ang isang *'cute na cute'* lang??"**

"A-Ano kamo??" nabibingi kunwaring tanong ko.

"Pano kakong nangyari'ng nagustuhan ng isang gwapo ang isang *'cute na cute'* lang??"

"Sino may sabi sayong c-cute ka?!"

"Tss.. sinabihan mo na nga ako ng hindi maganda e.. cute na nga lang.. ayaw pa?!"

"S-Sinabi ko bang h-hindi ka maganda?!"

"Ilang beses na.."

"B-Binabawi ko na.."

"Tss.." natatawang singhal nya.

"H-Hindi na pala! Lumalaki lang ang ulo mo kapag napupuri ka e!" singhal ko pero tumawa lang sya. **"E ngayon.. n-naniniwala ka na sa sinasabi ko?"** lakas loob na tanong ko.

"Oo naman.."

"T-Talaga??" nangingiting tanong ko pero bumuntong-hininga lang sya. **"M-Masaya ka ba?"**

"San?" seryosong tanong nya habang nakatingin sa iba. Kinabahan ako bigla at parang nilalamukos ang dibdib ko.

Bakit ganito na ang nararamdaman ko!?

"M-Masaya ka ba nung m-malaman mong gusto kita?"

"Hindi.."

Natinag ako sa deretsong sagot nyang yun!!!!

"B-Bakit??"

"Dahil nakalimutan ko na kung pano maging masaya.."

Hindi ako nakasagot sa kanya..

Yung mga ngiti.. ngisi.. tawa.. at saya na nakikita ko sa mga mata nya kanina..

Nawala isa-isa..

Nakaramdam ako ng dahan dahan munit patindi ng patindi'ng lungkot..

Napatingin ako sa mga mata nya kahit sa iba sya nakatingin..

Nakadilat lang ang mga mata nya pero.. parang malungkot pa rin..

Parang biglang pinisil ang puso ko.. pisil na naging dahilan para manakit ang dibdib ko..

Bakit ganon Taguro?? Bakit hanggang ngayon ganyan pa rin ang nararamdaman mo?? Kaya ba ganyan na lang ka-cold ang personality mo?? Dahil hanggang ngayon.. nandyan pa rin yung sakit ng nakaraan sa puso mo?!

Nanatili akong nakatingin sa kanya at pinagmamasdan ang paghinga nya..

Mababaw na paghinga hanggang sa malalim na paghinga.. pinagmasdan ko sya.. Pero anumang gawin nya.. nananatili ang tamlay sa mga mata nya.. Na hindi magawang itago ng simple'ng ngiti sa mukha nya..

Paulit-ulit pa muna akong lumunok bago nagkaron ng lakas ng loob na magsalita..

Kahit hindi sya nakatingin sakin ay deretso akong tumingin sa kanya habang nakatingin sa mga mata nya..

"M-Mararamdaman mo lang siguro ulit yung tunay na kasiyahan kapag nagawa mo ng kalimutan yung t-tao'ng n-naging dahilan kung bakit ka nasaktan.." mahinang sambit ko at ngumiti naman sya bago tumingin sakin.

"Hindi yung tao ang gusto kong kalimutan.." nakangiti munit seryosong sagot nya.

"H-Ha??" gulat na tanong ko sa kanya. **"E a-ano??"**

"Yung nararamdaman ko.. yun ang gusto kong kalimutan.."

Naiwan na naman akong tulala..

Para akong binuhusan ng yelo sa buong katawan ko..

Mas bumilis ang tibok ng puso ko..

Ngayon alam ko na ang sagot sa tanong ko..

At hindi ko na kailangang lokohin ang sarili ko..

Mahal nya pa nga si Randall..

Gusto kong umalis pero hindi ko magawa.. Hindi ko magawang igalaw alinmang parte ng katawan ko..

Nananakit ang dibdib ko at parang lumalangoy sa loob ko ang puso ko.. Pakiramdam ko kusang gumagalaw ito kaya masakit ang dulot nito..

Parang bumagsak ang mundo ko..

Ramdam ko ang lungkot na bumalot sa pagkatao ko..

Bakit kailangan mong sabihin sakin 'to Taguro?? Hindi ka ba pwedeng magsinungaling na lang para hindi mo ko masaktan?!

Namasa ang mga mata ko at pinigilan ko ang luha ko..

Malayong malayo sya kay Kim.. kaya hindi ko na kailangang ikumpara..

Pero sana.. sana lang talaga.. Sa una ko lang maramdaman ang sakit Taguro.. at puro pagmamahal na ang kasunod nito..

Pasimple akong bumuntong-hininga sa tagiliran ko taliwas sa kinauupuan nya.. Lihim ko ring pinunasan ang luhang namumuo sa mga mata ko..

"S-Sorry.." biglang usal ko habang pinipigilan ang damdamin ko. **"S-Sorry kung s-sarili ko lang ang inisip ko.. h-hindi ko kasi naisip na m-magkaiba tayo ng nararamdaman.. A-Akala ko kasi.."** huminga pa ako ng malalim. **"A-Akala ko kasi.. kaya ka ganyan sakin kasi kahit papano may n-nararamdaman ka rin.. nagkamali pala ako.."** tumingin ako sa mga mata nya at tumingin rin sya sakin. **"I-I'm not asking you to like me back b-but please.. please respect my feelings for you.."** pigil ang luhang mas nilakasan ko pa ang loob ko. **"..it may not mean anything to you.. b-but it m-means sooo much to me.."** ramdam ko na ang pagtulo ng mga luha ko kaya hindi ko na napigilan ang sarili kong mapatayo mula sa kinauupuan ko at wala sa sariling naglakad papalayo..

Don't be sorry for being honest Deib.. Never apologiza for showing your feelings.. Do not regret being who you truly are.. Ngayon lang yan.. marerealize nya rin kung ano ka kapag wala ka na..

Badtrip! Nagyaya pa sya don sa lugar na maraming puno! Ganon lang rin pala ang sasabihin nya! Tch!

Nagderederetso ako sa paglalakad hanggang sa matanaw ko ang gate ng SIS!

Nababadtrip ako! Mayadong halu-halo ang nararamdaman ko..

Inis..

Galit..

Lungkot..

Panghihinayang..

Sakit..

Para akong nakalutang habang naglalakad ng mabilis.. Wala akong maramdamang pagod at wala na rin akong marinig na ingay..

Wala sa sariling nagtuloy lang ako sa paglalakad at walang pakialam kung san man ako umabot..

Pakiramdam ko ay ganon na lang kadali para sa kanyang saktan ako.. kaya madali rin para sa kanyang sabihin lahat ng sinabi nya..

Hirap na hirap akong sabihin sayo lahat ng nararamdaman ko alam mo ba yun Taguro ha?! Dahil bukod sa hambog ka na! Manhid ka pa! Badtrip!

"Woi!"

Dinig ko ang sigaw ni Taguro pero nagtuloy ako sa paglalakad at mas binilisan ko pa!

"Woi! Sensui!" parang lalaki pang sigaw nya!

MAX'S POV

Badtrip.. hindi pa ko tapos sa mga litanya ko.. linayasan na ko!

"Tsk.. hindi ko man lang nabitiwan yung pamatay na linya ko.. buset.." bulong ko pa at saka inis na sinundan sya! **"Woi!"** sigaw ko pero hindi sya lumingon! Nagtuloy tuloy lang sya sa paglalakad papalabas ng SIS! **"Woi! Sensui!"** tawag ko pa pero mas binilisan nya pa ang paglalakad hanggang sa tuluyang makalabas sya!

Buraot! Kalalaking tao.. sya pa may lakas ng loob magwalk-out! Tss!

"Geh lang.. mag-inarte ka.. pagbibigyan kita hanggang alas nuebe trenta.."

"Woi! Ano ba!" sigaw ko ulit pero naglakad sya ng naglakad..

San ba punta neto!

Akala ko ay maaabutan ko na sya kung pupunta sya sa kotse nya pero nagkamali ako!

Dumeretso sya hanggang sa makalampas sya ng Parking Lot!

Lakad takbo na ang ginawa ko dahil umabot na sya sa gilid ng highway at...

Mas napatakbo ako nung bigla syang umastang tatawid sa high way ng hindi man lang pinansin ang isang malaking truck na dadaan!

"S-Sensui!!!!" malakas na sigaw ko!

Mabilis ko syang hinila sa braso at nung mahila ko sya ng tuluyan ay napadikit ang katawan nya sa katawan ko..

Dinig na dinig ko ang malakas na paglunok ko..

Magkadikit ang katawan namin at mga kamay lang ang nasa pagitan..

Nakatingin kami sa isa't isa at dun lang ako natinag..

Parang wala sa sariling nakatingin sya sakin..

Blangko ang mukha nya at parang iiyak na ang mga mata nya..

Ano bang nangyayari dito???

"Ano bang ginagawa mo!?" inis na tanong ko.

"Bitiwan mo ko.." mahinahong sabi nya.

"Tss.. magpapakasagasa ka ba?!" sarkastikong tanong ko.

"Wala ka namang pakialam di ba??"

Hindi agad ako nakasagot sa sinabi nya.. pinagmasdan ko pa ang mukha nya at talagang walang nagbago sa itsura nya..

Ang kaninang alaskador na Sensui ay parang sumapi sa ibang tao kaya parang nawalan ng buhay ang Sensui'ng nasa harap ko..

"A-Ano bang n-nangyayari sayo??" mahinahong tanong ko.

"Bitiwan mo ko sabi.."

"Tss.. dahil ba don sa sinabi ko??"

"Bitiwan mo ko---" hindi nya natapos ang sasabihin nya matapos ko syang binitiwan.

"Nagkakaganyan ka ba dahil don sa sinabi ko??"

"E wala ka namang pakialam sakin di ba?"

"Tss.. wala akong sinabing ganon.."

"Oo.. dahil pinaramdam mo lang.." malumanay na sambit nya na parang iiyak na. Hindi naman ako nakasagot sa kanya. **"Hindi ko alam kung bakit kailangang marinig ko pa lahat yun e.. Alam mo ba kung gano kaganda yung araw ko pagkagising ko??" s**alubong ang kilay at maluha-luha'ng tanong nya. **"Sana pala naging malungkot na lang ako para hindi ganito ang kasunod.."**

"Arte.. Ano bang nangyayari sayo---"

"Nasasaktan ako okay?! Nasasaktan ako sa sinabi mo! Ganyan ka ba talaga katanga?!"

Hindi ako nakasagot!

"Masyado kang manhid e!" mahinang sigaw nya pa at napalinga naman ako sa paligid. Walang estudyante at tanging ang mga pasahero lang ng mga dumadaang jeep at pampublikong sasakyang ang nanonood samin. **"Sana kung wala kang nararamdaman sakin.. edi fine! Okay lang! Pero wag mo naman sana ipamuka sakin na hindi mo ko gusto! Kailan ko lang sinabi sayo yung nararadaman ko---konting pang-intindi naman! Hindi na tayo tulad nung dati e! Dati wala akong pakialam sa**

mga sinasabi mo pero ngayon lahat ng sinasabi mo tumatatak sa isip ko at ang nakakainis pa.. tumatagos lahat yun sa puso ko!"

"Ayaw mo sakin.. sige, ayos lang! Hindi ka masaya sakin.. sige, ayos lang! May nararamdaman ka pa kay Randall.. sige, ayos lang! Pero konting preno naman Taguro.. hindi na ako sing tigas nung Sensui na kinakanti mo noon! Dahil ngayon malambot nako.. konting salita mo naiiwan sa pagkatao ko.. Kaya isang masakit na salita mo.. parang dinudurog ang puso ko.."

Hindi ako nakapagsalita..

Pilit ko ring itinago ang iba't ibang emosyon na nararamdaman ko para hindi nya yun makita..

Nakaramdam ako ng guilt dahil sa mga sinabi ko..

Nasa ganon akong kalagayan ng biglang...

Inalis nya ang pagkakahawak ko sa braso nya at mabilis na tumawid!!!

"A-Ano ba! A-Ano ba! Ano ba!" sigaw nya na hinahawi ang kamay ko matapos ko syang hilahin sa kwelyo ng batok nya dahilan para maipit ang leeg nya!

"Magpapakamatay ka ba talaga?!" inis na tanong ko!

"Oo! Ayoko ng mabuhay!"

"Tsa! A-Ano!?"

"Bitiwan mo nga kasi ako!"

Gunggong!

"Tss.. kalalaki mo'ng tao daig mo pa ang babae kung umarte!" inis na sigaw ko!

"Oh e anong paki mo!? Hindi mo ko gusto---wala kang nararamdaman sakin---hindi ka masaya sakin!? Anong ginagawa mo ngayon!?"

"Wala akong gusto sayo pero hindi ibig sabihin nun ay hindi nako magkakagusto sayo naiintindihan mo?!"

"Tss.. dun ka nga!" inis kong ibinato sya sa side kung saan hindi ka makakatawid basta basta! **"Kung desidido ka talagang magpakamatay---akina susi mo! Hintayin moko!"**

"B-Bakit?!"

"Ako ang babangga sayo!"

"Taguro naman.." nakangusong sabi nya.

"Para kang bata.. para kang bakla!"

"H-Hoy! F-Foul na yun ah!"

"Tss.. foul?! E yung ginawa mo ngayon lang?! Anong tawag mo dun?! Defense!? Bugarets ka ba?! Tuktukan kaya kita?!"

"E pano kasi.. kung magsalita ka parang ikaw naman ang pinakamaganda'ng babae sa buong Laguna! Nagkagusto lang ako sayo.. mas yumabang ka na! Alam mo ba kung gano kahirap umamin sayo ha?! Lahat ng sinabi ko sayo pinag-iisipan ko at humuhugot ako ng lakas ng loob para masabi isa-isa yung mga salitang yun---tapos ganon lang yung isasagot mo?! Hindi pa man kita nililigawan para'ng basted nako! Pakshet!!!"

"Hahahahahahahahah.." hindi ko napigilan ang tawa ko at nagulat naman sya! Inis syang tumingin sakin at natigilan naman ako!

Minsan na nga lang tumawa.. galit pa..

"A-Anong nakakatawa?!" galit na tanong nya.

"E pakiramdam ko kasi mali lagi ang intindi mo sa sinasabi ko sayo e.."

"O e anong nakakatawa dun?!"

"Dahil ang tanga mo.." seryoso biglang sagot ko.

"M-Mas tanga ka! K-Kasi hindi mo nakikita yung e-effort ko!"

"Tss.. Edi maghanap ka ng babae'ng sasagotin ka dahil sa effort mo.." natatawang tanong ko at mas kumunot ang noo nya saka mabilis na tumalikod. **"Teeeeka.."** mabilis na pigil ko sa kanya. **"Hindi pako tapos e!"**

"Ano ba! Kanina mo pa ako pinapahiya ah! Bakas gusto mong magtira?! Para may matira sa sarili ko!?" sarkastikong tanong nya at sumeryoso naman na ako.

"Hindi ako nagsisisi'ng sinabi ko lahat sayo yun.." malumanay na sagot ko. **"Dahil mas gugustohin kong masaktan ka sa pagiging totoo ko kesa naman.. pasayahin ka ng mga kasinungalingan ko.."**

"Taguro.."

"Kaya ngayon.. makikiusap muna ako sayo.." malumanay pang dagdag ko. **"Ingatan mo naman ang sarili mo.."**

"Tch.. Iniingatan ko naman ang sarili ko ah!?"

"Tss.. kaya pala?!"

"E-Eh kasi....." sya ang kusang pumutol sa sinasabi nya at saka ngumuso pa.

Parang bata..

"Sige.. gawin mo ng lahat ng gusto mo.. sabihin mo ng lahat ng gusto mo.. Bahala ka sa buhay mo.. Pero please.. wag kang gagawa ng bagay na ikapapahamak mo dahil.. a-ayokong magakaron ng obligasyon sayo.." seryosong sabi ko at saka tinalikuran sya.

Pero..

"Teka.." humabol sya.

Hinawakan nya ako sa braso at pumwesto sa harapan ko pa. Tumingala ako sa kanya dahilan para magtama'ng muli ang paningin namin.

"Ibig mo bang sabihin e..." ngumisi pa sya**. "..hahayaan mo kong gawin lahat ng gusto ko??"**

"Bahala ka nga sa kako buhay mo.." malumanay na sagot ko. "**Gawin mo lahat maliban sa ganito kabaho'ng trip mo.."**

"S-Sorry na.."

"Hindi porket nagawa kitang iligtas sa gulo.. ibig sabihin magagawa na kitang iligtas kapag nanganib ang buhay mo.. Tao lang ako Sensui.. hindi ako superhero.."

"O-Oo nga.. kaya nga sorry na e.."

"Sige na.. papasok na ako.. May game ako.."

"Sorry.."

"Okay na nga.."

"Baka galit ka pa e?"

"Sigurado ka ba?" nakanguso'ng tanong nya pa.

"Oo.. kulet.." bulong ko pa.

"Hindi ako makulet.. naniniguro lang ako dahil ayokong magalit ka sakin.. H-Hindi ko yata kakayanin.."

"Wag kang mag-alala dahil hindi ako nagagalit basta basta.. pero hindi rin ganun kalawak ang pang-intindi ko para hindi pansinin ang mga mali ng ginagawa mo.."

"Galit ka e.."

"O sige na.. ayos na okay?? Pumasok na tayo.." sabi ko na umastang maglalakad na pero pinigil nya na naman ako.

Malelate ako e!

"Ano?" pigil ang inis na tanong ko.

"Wala kang gusto sakin pero hindi ibig sabihin non.. h-hindi ka na magkakagusto sakin??"

"E-Eh!?" takang tanong ko at saka ko muling naisip yung sinabi ko. Napailing pa ako bago muling tumingin sa kanya.

"Edi may chance pala talagang magkagusto ka sakin??" halatang pigil ang ngiti'ng tanong nya pa.

"Tss.. hindi ako Dyosa para tanggihan ka.. masyado kang gwapo.. kaya nga pangarap ka ng maraming babae.."

"Oh e bakit hindi mo ko magustohan?"

"Sapilitan!?"

"H-Hindi naman.. p-pero posible??"

"Oo naman.." sagot ko at ngumiti naman sya ng todo.

Parang tanga naman kausap 'to.. masyado'ng showy.. masyadong expressive.. Kung yung ibang babae ako malamang hinimatay nako sa mga pinagsasasabi nito..

"Sinabi ko na dati at sasabihin ko ulit.. hindi ka mahirap gustohin.. pero hindi rin madali.."

"Edi padadaliin ko.."

"Sinabi ko na rin kanina at sasabihin ko.. ulet.." bumuntong-hininga pa ako. **"Bahala ka sa buhay mo.. gawin mo lahat ng gusto mo.. wag lang yung ganito dahil ayoko ng mabaho'ng trip.."**

Huminga sya ng malalim.. at saka muling ngumiti sakin..

"Deal.." malumanay ring sabi nya. **"Then I will stay.. If you push me away.. I'll stay beside you.. If your words are hurting me.. still I'll stay beside you.. I'll stay beside you.. no matter how hard it is to be with you.."** malumanay na sabi nya.

Natigilan ako pero nakarecover rin agad. Tumingin pa rin ako sa mga mata nya.

"I won't make you fall in love with me.. but don't blame if you accidentally *'fall'* in love with me too.."

"Tss.. Never excpect.. never assume.. never ask.. never demand.. Just let it be.. If it's meant to be, it will happen.." madiing sagot ko at saka naglakad papalayo.

Ang daming sinasabi.. masyadong mushy.. Fall in love---fall in love.. Kapag ako na-late, kotong ka sakin..

Derederetso akong naglakad at hindi ko naramdaman ang pagsunod nya.. Nagtuloy na lang ako at hindi na lumingon pa..

Nung makarating ako sa gate..

~BROOOOOOOOOMMMM!~

Napalingon ako sa pinanggalingan ko..

Nakita ko ang kotse ni Sensui na mabilis na tumakbo..

San ang punta nun!?

Napatingin pa ako sa side ko at saka muling tumingi sa dinaanan nya..

Pinakiramdaman ko ang sarili ko at wala naman akong naramdamang kaba..

Napabuntong-hininga ako bago muling bumaling sa nilalakaran ko..

Tss.. akala ko ba manonood sya? Bugaret..

"Noona!"

Napatingin ako deretso sa dadaanan ko pa.

"Maxrill.." sambit ko sa pangalan nya.

"Noona, annyeong!" nakangiting sabi nya. Ngumiti rin naman ako at saka lumapit sa kanya at sumabay.

"Jal jinae?" nakangiting tanong ko.

Translation: How are you?

"Gwaenchanna.. dangsin??"

Translation: I'm fine.. you?

"Naddo gwaenchanna.." nakangiting sagot ko. **"Where are you going?"**

"I'll watch your game.."

"Alone?"

"Mmm.. Andwe??"

"Dwe.." nakangiting sagot ko pa.

"I'll join you then.." nakangiti ring sagot nya.

"Kumain ka na?"

"Mmm.. we ate breakfast before leaving the house.. Mom and Dad went somewhere with Hwejang-nim.. hajiman nan yeojeonhi baegopeuda.."

Translation: But I'm still hungry..

"Geureom.. mogo boja.."

Translation: Then.. let's eat..

"Doni eopsseo.." nakangusong sagot nya.

Translation: I have no money..

"Gwaenchanna.." nakangiting sabi ko at tumngin sa relos ko. 20 minutes left.

Dumaan muna kami sa room namin at tinawag ko si Naih. Saka kami sabay sabay na nagtungo sa Canteen..... at PINAGKAGULUHAN.

"Waaaaaaaaa!"

"Kyaaaaaaaaa!"

"Yaaaaaaaa!"

"Bakit kasama nya yang cute na yan!?"

"OMG... hindi kaya?!"

"Ano ka ba! Baka friends lang sila!"

"Uyyy hindi ah.. kapatid ni Pein yan.."

"Ahh talaga?!"

"Mmm.. si Maxwell ang panganay.. bunso yan.. Gitna si Pein.."

"Ahh.. hahahaha! Akala ko may something sila e.."

"Ngek.. ang bata kaya nyan para kay Pein!"

"E bakit naman si Gonza!? Di ba?! May gusto sa kanya si Gonza!"

"Si Gonza.. maliit lang yun pero magkasing edad lang siguro sila!"

"Hindi kaya.. nung dito si Pein nag-aaral samin.. kabatch ko sya.."

"Ahh talaga?! Samin kasi sa BIS third year sila ni Naih.."

"Ahh ganon ba!?"

"Mmm.."

"Pero magkaheight naman sila ni Gonza di ba?!"

"Oo nga.. hehehe.. pero kasi hindi ako sanay.. nung sila pa kasi ni Kuya Randall.. bagay na bagay sila.."

Hindi ko na pinakinggan pa ang usapan ng mga students na nandon. Inakay ko si Maxrill papunta sa line.

"What do you want to have?" tanong ako at yumuko naman sya sa mga desserts at maya maya ay nagturo. Mabilis ko namang in-order yun sa server at ako na rin ang nagbitbit pabalik sa upuan.

"Andami naman nyan?" tanong ni Naih.

"Nagugutom daw sya e.." sagot ko.

"Woooow ang sweet naman hehehe.."

"Here's yours.." nakangiting abot ni Maxrill ng cake at juice kay Naih.

"Woooow! Meron rin ako.. kamsahabnida.."

"Noona.. yeogi.." abot naman nya ng sakin. Saka kami sabay sabay na kumain.

"Anong pinagkakaabalahan mo Maxrill?? I mean.. bukod sa pagsama sama sa Lolo Mokz mo.. anong ginagawa mo??" tanong ni Naih sa kanya.

"Nothing.. Psh.. I'm so bored.."

"E bakit kasi hindi ka nalang parating pumunta dito??"

"I'm always here.. with Mokz.."

"Ahh talaga?? Madalang ko na kasi kayong makita..."

"Because you're busy.."

"Hehehehehe.. star player e.." biro pa ni Naih sa kanya. **"Sige.. next time gala tayo.."**

"Yeah?? Cool! I'm excited!"

Nginitian sya ni Naih at saka ngumiti sakin.

"Bakit nga ba hindi natin igala si Maxrill, Max??" tanong sakin ni Naih.

"San naman natin sya dadalin?"

"Kahit saan.. hindi man lang sya makagala dito satin.. Psh! Parati na lang si Mokz ang kasama nya.."

"Okay na yun.. para nagmamature sya.. bumabata naman si Mokz.." biro ko pa.

"But why don't we go on a trip sometime, Noona?" nakangusong tanong ni Maxrill sa kanya. **"I'll ask Maxwell.. hehehehe.."**

Saan naman?? Tss..

"Pagkatapos na lang ng interhigh Maxrill hehehehe.." si Naih.

"When?"

"Siguro mga 2 weeks pa hehehe.."

"Tsh.."

"Malapit na yun.. ilang tulog na lang hehehehe.."

Nagkwentuhan pa sila at nagtuloy sa pagkain.

Naaawa rin ako kay Maxrill dahil hindi sya tulad namin ni Maxwell na lumaki dito sa Pilipinas. Malaya rin kaming nakakapunta kung saan namin gusto hindi tulad nya, kailangan pa parati ng pahintulot ng ermats nya bago makaalis ng bahay nila. Wala sya masyadong kaibigan at hindi maalam sa normal na buhay. Habulin ng chicks pero wala namang magustohan. Mahilig maglaro pero walang kalaro. Gusto'ng gumala pero walang kasama.

Boring..

Ang boring ng buhay nya dahil pinapakialaman ng ermats nya..

Bagay na hindi ko pinangarap makuha..

Pinagmasdan ko lang sya habang parang bata'ng kumakain..

Cute pa rin at malambing..

"Magpaalam ka kay Mokz.." biglang sabi ko. **"Don ka sa bahay namin matulog.."**

"Eh??"

"Mmm.."

"Hwakssilya!?"

Translation: Are you sure?

"Mmm.." sagot ko.

"Hehehehehe.. arasseo.."

"Yiiieee kelan naman yan!?" tanong ni Naih.

"Tonight.."

"Aahhh hahahaha.. I'm excited.." nakangiting sabi pa ni Maxrill.

"Kaso pano yun?! May asungot sa bahay??" tanong ni Naih.

"Okay lang yun.." sagot ko.

"Saan sya matutulog?"

"Sa tabi ko.."

"Yiiieee ang sweet.."

"Hehehehe.."

Nagtuloy lang kami sa kwentuhan habang kumakain.. nung matapos ay nagtuloy kami ni Naih kasama si Maxrill, sa Gym kung saan marami at maiingay na ang mga tao..

Tulad ng dati ay nag-announce muna ang announcer at kinausap kami ng referee.. Maya maya pa ay nakipagkamay na kami sa kalaban..

Si Naih ang magbebreak ng bola kaya naman naupo na ako sa gilid ng mesa.

"Hi Maxpein!" bati sakin nung isang kalaban. Dalawang dipa ang pagitan namin sa isa't isa.

"Hi.." kaswal na sagot ko.

"I'm Aubrey.. your fan.." nakangiting sabi nya kaya nailang naman ako at bahagyang ngumiti.

"A-Ahh.. hehe.." wala akong maisip na sasabihin.

"Hehehehe.. hindi na kami actually umaasa na mananalo kami sa inyo ni Zarnaih.. pero yung makalaban kayo ngayon dito sa interhigh.. its really an honor.."

****LUNOK!****

Mas nakaramdam ako ng hiya dahil sa sinabi nya..

Parang artista naman ang datingan amp..

"Hehehehe.. ang weird ba??" tanong nya pa. **"Ang totoo kasi.. h-hindi naman talaga kami player ng billiards.. idol namin talaga si Sam kaya naman nag-aral kami nung kasama ko ngayon.. si Clemerry.. hehe.. pareho kaming taga-Agoncillo.."**

"I s-see.."

"Mmm.. medyo hindi namin nagustohan ang ugali ni Sam hehehe.. h-hindi naman sa binabackstab ko sya pero.. yun ang totoo.. Mas nagustohan rin kasi namin ni Clemerry ang ugali nyo ni Zarnaih.. kasi kahit na sikat kayo.. parang mas nahihiya pa kayo kapag may nagsisisigaw ng pangalan nyo hehe.. Napakahumble nyo at approachable.. Thank you.. hehehehe.."

"S-Saan??" takang tanong ko.

"For inspiring us.. hehehe.. Nakakainspire kasi ang tulad nyo.. Sabi ko nga.. dadating ang panahon na magiging katulad nyo rin kami hehehe.."

"A-Ahh hehehe.. Oo naman.. magagawa nyo yan.. Lahat ng kaya namin, magagawa nyo panigurado o baka nga mas mahigitan nyo pa e.."

"Hehehehe malabo yun.. masyado kayong magagaling.."

"Hindi rin.. dati rin kaming dumaan sa walang alam.. Wala namang ipinanganak na marunong na agad magbilyar.. Lahat.. natuto lang.."

"See?? Napakahumble mo talaga hehehe.. I admire you for that.."

"T-Thanks.."

"Kaya naman kahit matalo kami okay lang hehehe.. kayo naman ang kalaban e hehehe.."

"Pero hangga't kaya mong ipanalo.. gawin mo.."

"H-Ha?? O-Oo nga hehehe.."

"Kasi hindi ka magiging magaling kung hindi mo matatalo ang mga tao'ng kasalukuyang mas magaling sayo.. Gagaling ka rin.. maniwala ka sakin.."

"Talaga??"

"Mmm.." nakangiting tango ko. **"Dahil bago ako manalo ng ilang beses dito.. Ilang libo'ng talo muna ang pinagdaanan ko.."**

"Wooow.. seryoso?"

"Oo naman.."

"Wow.. motivating.." namamanghang sagot nya at nginitian ko naman sya at saka ako tumayo.

My turn..

Habang hinihintay ko ang referee magset ng bola ay iginala ko ang paningin ko sa kabuuan ng Gym..

Hinanap ko si Sensui..

San naman kaya pumunta yun? Tss.. akala ko ba manonood sya??

"Clear.." dinig kong sabi ng referee kaya naman muli kong ibinalik sa mesa ang atensyon ko.

Sinipat kung nasa tamang ayos ang mga bola.. saka pumwesto at nagsimulang tumira..

Tumakbo ang oras at halos hindi na nakatayo sina Aubrey at Clemerry.. Senyales na panalo na kami..

"1-9??? Whew.. hahaha.. I knew it Max.." nakangiting sabi sakin ni Aubrey.

"Tsamba lang.." nahihiyang sagot ko.

"Anggaling nyo naman tsumamba kung ganon? Hehehehe.. pero okay lang.. okay lang talaga.." nakangiting sabi nya pa at ramdam ko naman ang sinseridad nya. **"Masaya talaga kami at nakalaro namin kayo.."**

"Salamat rin.. Masaya rin kami at nakalaro namin kayo.."

"At sana ay hindi ito ang huli.." dagdag nya pa at tumango naman ako.

"Minsan.. tambay tayo sa bilyaran dyan makalampas ng Pav Mall?? Alam nyo yun? Dun kasi kami tambay e.. hehehe.." sabat ni Naih.

"Ahh talaga?? Yung The Barb ba yun??" tanong nung Clemerry.

"Mmm.."

"Wooowww.. e magagaling yata yung tambay don e??"

"Magagaling rin naman kayo ah?"

"Wushuuu hehehe.. ano ba naman kami ni Aubrey sa inyo??"

"Maniwala kayo samin.. dumaan rin kami sa ganyan.. Kung ano man kami ngayon.. kaya nyo pang higitan yun pagdating ng panahon.."

"Talaga??"

"Oo naman! Tiwala lang at trabaho.. hehehe.."

"Ang bait nyo naman.. Hehehehe.." si Aubrey.

"Oo nga.. nakakainspire kayo.." si Clemerry.

"Kasi mababait rin kayo.." sagot ni Naih.

"Salamat talaga.. Maxpein.. Zarnaih.."

"Salamat rin.. Aubrey and Clemerry.."

"Sa uulitin.."

"Sige lang.."

"See you na lang sa TB!"

"Hehehehe.. sige hihintayin namin kayo.."

"Max.. salamat ulit.." baling nila sakin.

"See you around.." nakangiting sagot ko at saka pinanood silang makalayo.

"Ang sarap rin pala sa pakiramdam nung minsan napupuri ka ng tao ano??" baling ni Naih sakin.

"Mmm.. wag lang talaga aakyat sa ulo.."

"Woooohhhhooowww!!! At talagang sayo pa nanggaling yan ah!?"

"Ang alin naman??"

"Na wag lang aakyat sa ulo yung mga papuri ng iba!? Psh hahahaha.. nakakatawa! Talagang sa isang *'hambog'* pa.. hahaha! Come on Max!"

"Tss.. Siraulo.." bulong ko pa.

"Hmmm.. pansin ko lang.. kanina ka pa mukhang wala sa hulog ah? Okay ka lang ba?"

"Mmm.."

"Weehh??"

"Oo nga.."

"Wokeeeyy.." sabi nya at saka kami sabay na nakinig sa sinasabi ng announcer.

Nung matapos yun ay saka namin sabay na inayos ang mga gamit namin..

"What a very nice game.."

Sabay kaming napalingon ni Naih sa pinanggalingan ng boses na yun ni Samantha.

"A very very nice game hahahaha.. funny!" dagdag nya pa.

"Psh.. Ano na naman yun Sam??" si Naih.

"Wala naman.. nakakatuwa lang tignan na ang saya saya nyo matapos nyong manalo.." sarkastikong sagot ni Sam sa kanya.

"E hindi naman siguro uso yung magmukmok matapos manalo di ba???" sarkastiko ring sagot ni Naih sa kanya.

"Tsh.. you're stupid Naih.."

"Wooow ah!? Ako pa talaga?! Ano na naman bang iyayabang mo samin?!" inis na tanong ni Naih sa kanya.

"Oh.. A loser is asking me?? Mmm.. ano nga ba??" nag-isip pa kunwaring tanong nya.

"Psh! Iilan ilang panalo akala mo Champion na kung makaasta 'to.." bulong ni Naih at saka taas ang kilay na humarap sa kanya. **"Wish ko lang talaga ay may marating ka dyan sa kayabangan mo Samantha!"**

"Meron na Zarnaih.."

"Let's go.." yaya ko kay Naih.

"Oh.. aren't you going to say hi to me before leaving Maxpein?" sarkastikong tanong ni Sam sakin kaya naman blangko ang mukhang tinignan ko sya.

"Hi.." sabi ko at saka binitbit ang gamit ko paalis.

"Bye.." dinig ko pang pang-aasar ni Naih sa kanya bago sumunod sakin. **"King inang yun.. minsan na nga lang sumulpot nang-aasar pa.."**

"Nakikipag-asaran ka pa kasi.."

"Psh! Bakit ikaw?! Hindi!?"

"Hindi naman kasing lakas ng trip mo.."

"Nakakainis kasi sya e.."

"Minsan.. para hindi na lumaki ang gulo.. ginagamitan na lang ng kapangyarihan ng deadma ang mga tao.. Try mo.. ng mabawasan ang stress mo.." seryosong sabi ko sa kanya at nginusuan nya naman ako.

"Ang sungit mo.."

Nagtuloy lang kami sa paglalakad pero bago pa man kami tuluyang makalapit sa pwesto kung saan namin iniwan si Maxrill..

"Dessssttiiinnnyyyyy!!!!!"

Hindi ko sya nilingon pero huminto ako.

"Oh my goodness.. ayan na naman sya.." bulong ni Naih sa harap ko habang nakatingin sa likuran ko.

"Hi!" si Gonza na mabilis na pumunta sa harap ko. **"Sayang hindi ko napanood.. pero masaya ako nanalo kayo heheheheheheh.."**

"Kumusta ang laro mo?" seryosong tanong ko.

"Ayun.. panalo! Hahahaha!"

"Congrats.."

"Congrats rin hehehe.. Hoy bungangera.. congrats ah!" baling nya kay Naih.

"A-Anong bungangera?!"

"Ayan.. yan ang bungangera hehehehe!" turo nya kay Naih!

"Kesa naman sayo! Baduy!"

"Huh? Anong baduy!?"

"Yan! Yan ang baduy! Ugh! Jologs! Una na ko dun Max!" paalam nya sakin at tinanguan ko naman sya.

"Ikaw muna bahala sa kanya.." bulong ko na inginuso pa si Maxrill.

"Sige.." sagot nya at tumango lang ulit ako at saka bumaling kay Gonza.

"Destiny talaga tayo no?? Hehehehe.. panalo ka.. panalo rin ako hehehe.."

"Kaya mo naman palang manalo kahit hindi mo ko nakikita.." pilit ang ngiting sagot ko sa kanya.

"Oo naman hahahaha.."

"May laro ka pa mamaya??"

"Oo e.. Ala una.."

"Ahh.."

"Ikaw?"

"Wala na.. Galingan mo ah?"

"Oo naman! Manood ka ah!?"

"Sige.."

"Mmm.. Naglunch ka na?? Lunch tayo.. treat ko.."

"Hindi na.. may sasabayan kasi ako---"

"Sino?!"

"Si Enrile!?" dagdag tanong nya pa.

"H-Hindi---"

"Sus.."

"Hindi nga.."

"May gusto ba sayo yun??"

"Bakit mo naitanong??" takang tanong ko.

"Nararadaman ko kasi.."

"Baka sayo may gusto.." natatawang sagot ko.

"H-Ha!?" salubong ang kulay na tanong nya.

"Nararamdaman mo kamo e.. baka sayo may gusto.."

"Tsh! Yak!"

"Biro lang.."

"Oh e ano na?? Hindi ka talaga sasabay saking maglunch??"

"Hindi na.. mauna ka na.."

"Haaayyy sayang naman.. nanghingi pa naman ako ng malaking baon kay Nanay hehehehe.."

"Itabi mo na lang.."

"Ano pa nga ba? Hehehehe.. sa sarili ko matipid ako pero para sayo.. magwawaldas ako.. heheheh.."

"Pahalagahan mo ang pera'ng bigay nang Nanay mo.. hindi mo alam kung saan nya kinuha yan.."

"A-Ang seryoso mo naman?? Biro lang e.." nag-aalalang sabi nya at nginitian ko naman sya.

"Sige na.. pumunta ka na sa mga teammates mo at maglunch ka na.. May laro ka pa mamaya.."

"Hehehehe.. sige sige.. Okay ka lang dyan??"

"Mmm.. may mga kasama naman ako.."

"Si Enrile na naman!?"

"Tss.. ni hindi ko nga nakita yun e.."

"Ahh talaga?? Akala ko sya na naman e.."

"Sige na.. magkita na lang tayo mamaya.."

"Talaga!?"

"Oo.." nakangiting sagot ko at saka tinapik ang balikat nya. **"Una nako.."**

"S-Sige.. don na rin ako sa team mates ko.. Kita tayo mamaya ha?! Hihintayin kita!"

"Sige.." sabi ko at saka tumalikod na.

Lumapit ako kila Naih at Maxrill.

"Ang lakas ng tama sayo nun e noh??" inis na tanong sakin ni Naih at hindi ko naman sya sinagot. Muli kong nilingon si Gonza habang papalabas ng Gym na yun..

Tignan ko lang kung masabi mo pa lahat yan kapag nakilala mo ko..

"Maaaaaaaaaxxx!!!" dinig kong sigaw ni Michiko kaya sya naman ang nilingon ko mula sa kanan. Kasama nya sina Lee, Tob, Migz at BJ na parepareho ring nakangiti habang naglalakad papalapit samin.

"Nice.. ang lulupet talaga.." nakangiting salubong ni Migz. **"Congrats!"**

"Congrats!" sabay sabay na bati nila samin..

"Salamat.." sabay naming sagot ni Naih.

"Wala bang libre dyan!? Hahahaha.." si BJ.

"Oo nga!" si Michiko.

"Wala si Sensui e.. hehehehe walang manlilibre----teka! Nasaan nga ba yun!?" si Naih.

"Akala nga namin kasama nyo e?! Hindi nyo ba kasama??" si Tob.

"Hindi.." sagot ni Naih sa kanya na tumingin pa sakin. **"Hindi mo ba kasama??"**

"Tss.. ikaw ang kasama ko di ba??"

"Ngeh!? E nasan yun!?"

"Malay ko.. bakit ako tinatanong mo.."

"Ayy.." nakangiwing usal nya na tumingin pa ng masama sakin. **"Kaya naman pala ganyan ka.. kasi wala sya.."**

"Eh??"

"Uuuuuyyyy!!!!" panunukso nilang lahat maliban kina Lee at Naih.

"Tss.. hanep.."

"Tob.. call him.. Baka kung nasaan na yun.." nag-aalalang sabi ni Lee kay Tob na inilabas naman agad ang cellphone nya at nagdial.

Maya maya pa..

"H-Hindi sinasagot e.. nasaan naman kaya yun!?" si Tob.

Napaisip rin ako dahil ilang oras na rin ang nakalipas mula nung magkita kami kanina.. Nakita ko syang umalis gamit ang sasakyan nya pero hindi ko naman alam kung saan ang punta nya..

Nakaramdam rin tuloy ako ng kaunting pag-aalala..

Okay naman kami bago kami maghiwalay di ba?? Tss.. san sya nagpunta?!

Wag nya sabihing hindi nya pa rin nagustohan yung huli kong sinabi sa kanya!?

Lilinga linga sila sa kabuuan ng Gym at halata ang pag-aalala sa mukha nila..

Kaya naman nung magkaron ako ng tyansa ay kinausap ko sina Lee at Tob.

"Kanina'ng umaga magkasama kami.. N-Nagkaron kami ng konting pagtatalo pero naayos naman namin at okay kami bago kami maghiwalay.." malumanay na sabi ko sa kanilang dalawa.

"E nasan naman na kaya yun ngayon??" nag-aalala talagang tanong ni Tob na nakatingin sa labas ng Gym. Si Lee naman ay kinokontak pa rin si Sensui.

"He's not answering.." si Lee.

"Kanina matapos naming mag-usap ay nakita ko syang umalis dala ang kotse nya.. h-hindi naman ako nag-alala dahil okay naman nga kami bago kami maghiwalay.. Okay na okay ang usapan namin.." naguiguilty'ng kwento ko pa.

Peste.. Kapag may nangyaring masama sayo.. kargo pa kita! Ako ang sisisihin dahil ako huli mong kasama! Tsk!

"Susubukan kong tawagan si Dein.." sabat ni Lee na nag-umpisa ng tumawag at maya maya lang ay may kausap na. Lumapit naman sakin si

Tob.

"Y-Yung pinag-usapan nyo ba.. p-pwedeng maging d-dahilan para m-masaktan sya??" pabulong na tanong ni Tob sakin at natigilan naman ako..

"O-Oo.." kabadong tanong ko.

"Aww.." bulong nya at bakas na naman ang pag-aalala sa mukha nya. **"B-Baka kaya wala sya??"**

"Pero Tob.. n-nagsasabi ako ng totoo.. o-okay kami bago kami maghiwalay.."

"Gano naman ka-okay??"

Hindi agad ako nakasagot.. Inalala ko yung mga bagay na napag-usapan namin kanina..

"Then I will stay.. If you push me away.. I'll stay beside you.. If your words are hurting me.. still I'll stay beside you.. I'll stay beside you.. no matter how hard it is to be with you.. I won't make you fall in love with me.. but don't blame if you 'fall' in love with me too.."

Narinig ko na naman sa pandinig ko ang huling linyang sinabi nya..

"O-Okay.. as in okay.." sagot ko kay Tob. Napabuntong-hininga naman sya.

"S-Siguro nga ay tama ang nasa isip ko.."

"A-Ano yun?"

"Na baka m-may nasabi kang n-nakapanakit sa kanya kahit pa okay pa yung naging huling usapan nyo.. B-Baka gusto nya lang mapag-isa.." seryosong sagot ni Tob at napalunok naman ako. Hindi agad ako nakasagot dahil biglang dumating si Lee.

"Parating na si Dein.." si Lee.

"Ha?! Bakit!?" si Tob.

"E-Eh sinabi ko sa kanyang h-hindi natin makita si Deib e.. n-nag-alala rin sya kaya ayun.. dadating daw sila ni R-Randall.."

"S-Sana hindi mo na lang sinabi dre.."

"Nag-aalala ako kay Deib e.."

"Oo nga pero.. ssshhhkk.. Pano na 'to??"

"Bakit?"

"P-Pano kung nandyan lang yun??"

"Saan??"

"Somewhere.. somewhere kung saan pwede syang mapag-isa.."

"What do you mean??"

"Kilala natin si Deib dre.. kapag gusto nyang mapag-isa.. umaalis sya ng walang sabi sabi at hindi nya sinasagot ang phone nya.. Naalala mo ba nung huling ginawa nya satin 'to?? Psh.. mukha tayong tanga kahahanap.. nagnature tripping lang pala si gago.."

"Pero pano kung hindi na yun ganon ngayon??" nag-aalala talagang tanong ni Lee.

"Ganon pa rin yun.. maniwala ka sakin.." sagot ni Tob sa kanya na bahagya pang tumingin sakin.

Nakaramdam ako lalo ng matinding guilt..

Ganon ba talaga sya!? Tss.. Okay naman kami bago kami maghiwalay... tapos nagdamdam pa rin sya?! Para saan pa yung mga magagandang sinabi nya?! Tss.. abnormal!

Hindi ako mapakali at nag-aalala na rin ako..

Hindi ako lumayo kila Lee at Tob dahil nagbabakasakali rin akong sumagot na si Sensui sa kanila..

Hindi ko na rin halos naasikaso si Maxrill at buti na lang ay nalilibang sya kila BJ at Migz..

Si Michiko naman ay abala kay Tob at si Naih ay walang humpay ang pakikipag-asaran kay Lee..

Nasan na ba yung gunggong na yun?! Kasasabi ko lang na wag gagawa ng kahit anong ikapapahamak nya tapos.. tsk!

Dumaan kami sa room ng team nila pero wala talaga sya kahit nandon naman ang gamit nya.

Ang sabi ng mga teammates nila ay hindi rin naman daw nila sya nakita..

Habang tumatakbo ang oras ay mas lalo akong nag-aalala..

Tsk.. bakit ko ba kasi sinabi yung mga yun e!?

Wala pa naman akong alam na posible'ng lugar na pupuntahan nya..

Nung mabakante si Tob ay muli ko syang nilapitan at kinausap ng masinsinan.

"A-Ahh Tob.." bulong ko sa kanya. Bakas pa rin sa mukha nya ang pag-aalala..

"Mmm??"

"Mmm.. m-may alam ka bang lugar na pwede nyang puntahan??" tanong ko at nag-isip naman sya.

"Sshhkk.. h-hindi naman kasi kami gala e.. Wala kaming permanenteng tambayan.. Bukod kasi sa court ng sari-sarili naming village ay yung Mall lang namin at sa mga Coffee Shop ang madalas

naming tambayan.. Kadalasan naman kasi ay nasa school kami kaya hindi rin kami talaga nakakatamabay.."

"Tingin mo.. n-nasa Mall kaya sya??"

"Malabo.. Kasi kung tama man yung hinala kong gusto nya siguro'ng mapag-isa.. m-malabong sa Mall yun magpunta.." seryoso munit malungkot na sagot nya. Napatango naman ako at naiwan na namang nag-iisip.

Nasan ka na ba kasi!? Tsk.. pinag-aalala mo naman ako e..

Nag-isip isip pa ako at maya maya ay lumapit kay Maxrill.

"Jamshiman.. gidaryeo.. eh?" malumanay na usal ko kay Maxrill.

Translation: Wait for me.. okay?

"Eodiga?"

Translation: Where are you going?

"Kattaolke.."

Translation: I'll be back..

"Arasseo.." malungkot namang sagot nya at saka ako tumayo at naglakad papalabas pero hinabol naman ako ni Lee.

"Where are you going?"

"I'll try to find him.."

"But.. we have no idea where he is?"

"I'll try my best.."

"M-Max.."

"Don't worry.." nakangiting sabi ko na tinapik pa sya sa balikat.

"Hoy.. san punta mo!?" habol sakin ni Naih at nilapitan ko naman sya at dinukot sa bulsa nya ang cellphone nya.

"Pahiram muna.. Kayo muna bahala kay Maxrill.." nakangiting sabi ko at saka mabilis na iniwan sila.

"H-Hoy! San ka pupunta!" sigaw nya pa pero hindi ko na sya sinagot at patakbo na akong lumabas ng SIS Campus.

Siguraduhin mo lang talagang may maganda'ng dahilan ka kung bakit mo ginawa 'to dahil kung hindi.. di ka na talaga makakaulit sakin..

Mabilis akong sumakay sa motor ko at pinaandar yun.

Maya maya pa ay nasa BIS na ako.

Mabilis akong pumunta sa Ospital at pumasok sa E.R.

"Excuse me.." baling ko sa isang nurse.

"Good morning.. I am Nurse Gracel.. may I help you??"

Bahagya pa akong natigilan sa iniasta'ng yun ng nurse at saka iiling iling na nagtanong.

"A-Ahh.. I w-wanna know if you have a patient named D-Deib Lohr Enrile??"

"Oh.. Mr. Enrile---?"

"Yes!" sagot ko agad habang kabado pa.

"No.. he's not here.. We have no patient name---"

"Are you sure??"

"Yes Ma'am.."

Hindi ko naiwasang lingunin ang mga hospital bed na nandoon at sa sampung nakikita ko ay dalawa lang sa mga yun ang may tao.. Sinilip ko naman pero hindi si Deib ang mga yun..

"T-Thank you.." sabi ko sa nurse at saka umalis..

Pumasok ako sa loob ng BIS..

"M-Ma'am saan po sila??" sita sakin ng guard.

"Ahh.. Kuya.. Kilala mo ba si Deib Lohr Enrile??"

"Yes Ma'am.."

"Nakita mo ba syang dumaan dito??"

"Hindi po Ma'am.."

"Sigurado ka??"

"Yes Ma'am.."

"Mmm.. p-pwede ba akong pumasok?"

"Bakit Ma'am??"

"Mmm.. estudyante ako ng school na 'to.. Third year high school student ako.." sabi ko na ipinakita pa sa kanya ang I.D. ko.. **"Hahanapin ko lang sana si Deib.."**

"Pero Ma'am.. puro College lang ang nandito ngayon at wala ang lahat ng mga high school students and faculties.. lahat sila ay nasa SIS ngayon.."

"Oo.. isa na ako don.. Pero susubukan ko lang sanang hanapin b-baka nandyan kasi sya e.."

"Ano naman po ang gagawin nya dito Ma'am?"

"Malay ko! Hindi ko naman sya kasama di ba!?" inis na tanong ko at nagulat naman sya! "Papapasukin mo ba ako o hindi!"

"P-Pero kasi M-Ma'am h-hindi naman 'to oras ng klase---"

"Kapag may nangyari'ng masama kay Enrile.. lagot ka sakin!"

"S-Sige M-Ma'am.. s-sasamahan ko na lang po kayong maghanap.." mabilis na sabi nya pero tinabig ko na sya at nilampasan.

"Hindi na.. dyan ka na lang.. Baka malusutan ka pa dyan.." masama ang tinging sabi ko sa kanya at saka tumakbo papasok sa loob.

Pumunta ako sa lahat ng Buildings ng Secondary pero lahat ng gate sa groundfloor pa lang ay nakalock kaya paniguradong walang tao sa loob nun.. Tanging yung Computer Building lang ang bukas kaya naman iniisa isa kong tignan ang mga rooms pero wala akong Sensui'ng nakita. Matapos don ay pumunta ako sa Library dahil bukas naman yun at inisa-isa ko ring tignan ang bawat table dahil baka sakaling nandon sya..

Saan naman kaya nagsuot yun!?

Nang masuyod ko ang kabuuan ng Library ay saka ako nagtingin sa Gym.. Canteen.. Field.. at kung saan saan pang pwede nyang puntahan sa loob ng BIS pero bigo ako..

Habol habol ang hiningang naglakad ako pabalik sa Parking ng BIS..

"M-Ma'am nakita nyo po ba sya??" tanong sakin nung guard at umiling naman ako. **"Ganon po ba?? Gusto nyo po bang itawag ko na sa----"**

"Hindi na.." pigil ko sa kanya. **"Baka maalarma pa sila.. Mahahanap ko rin sya.. n-nagkasalisi kasi kami.."** pagsisinungaling ko pa.

"Ganon po ba? S-Sige po.. pero kung may maitutulong naman po ako.. sabihan nyo lang po ako.."

"Sige.. salamat.." seryosong sabi ko at saka sya iniwan.

Bumalik ako sa motor ko at pinaandar yun pero bago pa man ako makalampas sa BIS compound ay napansin ko ang BIS Coffee Shop. Muli kong ipinark sa harap nun ang motor ko at saka ako pumasok..

"Good morning Ma'am!" masigasig na bati sakin nung waitress.

"Dumaan ba dito si Deib??"

"Po??"

"Si Deib.. dumaan ba sya dito?"

"Deib Enrile po?"

"Oo.."

"Hindi po.."

"Sigurado ka??"

"Mmm.. opo.. wala po talaga.. Bibihira nga po ang customer ngayon kasi sportsfest ng mga schools.. nakakainis nga e, sana pala hindi na lang kami nagbukas.. Yung boss ko naman kasi------"

"Thank you.." sabi ko at saka iniwan sya.

Tinanong lang.. nagkwento na.. Tss..

Mabilis ko na namang pinaandar ang motor ko at pabalik na sana ako ng SIS nung biglang maalala ko ang TB!

'Nakapunta na sya dati dun kaya hindi imposible'ng maisipan nyang pumunta ngayon..'

Nakaramdam ako ng kaunting pag-asa habang tinatahak ang daan papunta sa TB.

Sana nga nandon na sya.. Nag-aalala nako sobra..

Nung makarating ako doon ay tinignan ko muna ang Parking..

Bumagsak agad ang balikat ko nung hindi ko makita doon ang sasakyan nya..

Gayunpaman ay hindi ako nawalan ng pag-asa..

Kung sakali mang nandito ka.. at totoo'ng nasaktan kita dahil sa mga sinabi ko.. Ipapangako ko sayo'ng hinding hindi ko na uulitin yun.. Wag mo lang ako pag-aalalahanin ng sobra..

Pero pumasok pa rin ako para makasiguro..

"Oh?!" gulat na reaksyon ni Barb matapos nya akong makitang pumasok.

"Si Sensui.. dumaan ba dito?" agad na tanong ko.

"Si pogi? Hindi.. bakit??"

Hindi ako nakasagot at nanlulumong napaupo sa isa sa mga table na nandun..

Oo.. Sa table ako naupo..

Nasaan na ba yun!? Saan ba kita hahanapin?! Bakit umaalis ka ng walang paalam!? Tsk..

Naglabasan naman sina Jep, Beka at Boy.

"Aba'y tama nga ang dinig ko! Nandito ang bakla'ng Makspeyn!" si Beka.

"Bakit ganyan ang itsura mo!?" si Boy. **"San ka nanggaling?!"**

Hindi ko naman sila sinagot.

"Hinahanap nya dito si Pogi.." si Barb.

"Sinong pogi?" si Jep.

"Si Deib.. yun bang si Sensui?? Si pogi.."

"E wala naman sya dito di ba??"

"Oo nga.."

"Oy Max.. okay ka lang ba??" baling sakin ni Jep at tumingin naman ako sa kanya.

"Napapagod nako kahahanap sa kanya e.." bagsak ang balikat na sagot ko.

"Bumaba ka nga dyan at maupo ka ng ayos dito.." sabi ni Barb na hinila pa ang upuan at inalalayan ako pababa ng table.

"Ano bang nangyari?" tanong na naman ni Jep.

Napailing naman ako at nag-isip kung dapat ko bang sabihin sa kanila.

"Nako... iba na yan ahhh!?" seryoso munit mapanuksong tanong ni Barb at iniiwas ko naman ang tingin ko sa kanya.

"L.Q.???" si Jep.

"Tss.. hindi ah.." sagot ko.

"Oh e ano ngang nangyari???"

Hindi agad ako nakasagot.. napabuntong-hininga pa ako at saka salubong ang kilay na tumingin ng deretso isa-isa sa kanila.

"Ano?! Baka may naghihintay sa sagot mo!?" si Jep ulit.

"M-May nasabi yata akong h-hindi maganda.." napapatungo'ng sagot ko.

"Kaya hindi mo sya makita ngayon, ganon ba??" tanong ni Jep at tumango naman ako. "**Nako.. L.Q. nga.."** nakangiwing sabi nya pa sa ibang bakla at saka muling bumaling sakin. **"E sinubukan mo na bang tawagan??"**

"H-Hindi nya sinasagot e.." sagot ko.

"Akalain mong nagawa mo syang tawagan e wala ka namang selpon!" si Beka.

"Tss.. sinubukan syang tawagan nung iba nya pang kaibigan.. Nung hindi sya sumasagot e saka lang ako nagsimulang maghanap.."

"Oh e bakit ikaw lang ang naghahanap??" si Barb.

"E-Eh kasi n-nasa SIS silang lahat e.."

"O e bakit hindi ka nagpasama?! Mas mapapadali ang paghahanap mo kung kasama mo sila at kanya kanya kayo ng punta sa lugar na pinupuntahan nya.."

Hindi naman ako sumagot sa kanya.

Bakit nga ba ako lang ang umalis!? Tsk!

"Bukod ba dito sa TB e may alam kang tinatambayan nya??" tanong ulit ni Jep at umiling naman ako. **"Aba e mahirap yan.. dito nga sa TB ay madalang sya e.. Kung ganyang hindi mo alam kung saan saan ang**

mga lugar na posoble nyan paglagian e sinasabi ko na sayo ngayon pa lang.. Bumalik ka na at papagurin mo lang ang sarili mo..."

"Oo nga naman Max.. Hayaan mo.. tatawagan agad namin si Naih kapag dumaan sya dito.." si Barb.

"Nasakin ang phone ni Naih.."

"O sige.. tatawag na lang kami dyan.. Bumalik ka na sa interhigh nyo at baka may laro ka pa.."

"Wala na.."

"Ahh ganon ba?? Edi o sige.. hanapin mo.. Kaso.. saan??" si Jep.

"Nako mahirap yan.. mahirap hanapin ang tao'ng hindi mo naman alam kung saan mo hahanapin.." si Beka.

"Lalo na kung hindi mo naman sigurado kung dapat mo nga bang hanapin.." si Barb.

"Goodluck naman sayo bakla.." si Boy.

Hindi ako sumagot sa kanila..

Eto na ang pangalawang beses na nagpahanap ka ah?? Hindi ka na talaga makakaulit pa.. Tsk!

Naisip ko mang baka pumunta sya sa bahay ay ramdam ko pa ring imposible yun.. Alam kong ayaw nyang makasama si Yaz at wala rin naman don si Yaz.. Kaya kung pumunta man sya don ay paniguradong aalis rin sya..

Tinignan ko pa muna ang cellphone ni Naih kung may text na pero wala maski isa..

Hindi ko alam kung anong mararamdaman ko.. Nag-aalala ako at naiinis kasabay nito.. Naguiguilty ako dahil sa mga sinabi ko sa kanya kanina pero pakiramdam ko ay tama lang yung ginawa ko.. At malakas rin naman ang pakiramdam kong okay kami bago kami magkahiwalay..

Pero bakit natatakpan lahat ng pag-aalala ko ang ibang sinasabi ng isip ko??

Badtrip naman oh.. Magpakita ka na Sensui..

Nagpaalam ako sa kanilang lahat sa TB at wala sa sariling muling sumakay sa motor ko..

Pero sa pagkakatao'ng ito.. dahan dahan ang pagmamaneho ko at panay ang linga ko sa dinadaanan ko dahil baka sakaling doon ko lang sya makita..

Sana makita na kita.. magpakita ka na.. Ayoko sa lahat ay yung nag-aalala..

DEIB'S POV

Matapos naming mag-usap ni Taguro ay gumaan pa ang pakiramdam ko..

Wirdo pero totoo hahahahaha!

Kasi nasabi ko sa kanya ang lahat ng gusto ko..

Naipakita ko ang inis at galit na naramdaman ko..

Naiparamdam ko sa kanya ang panandaliang saya ko..

At gayun na rin ang lungkot at sakit na dinanas ko dahil sa mga pinagsasasabi nya!

Badtrip!

Ngayon ay hindi ko na kailangang magtanong..

Mahal nya pa nga si Randall.. Pero sa tingin ko.. hindi na rin naman yun sing tatag nung dati hehehehe! Dahil kung mahal nya pa talaga si Randall tulad nung dati.. kahit may girlfriend yun.. ipaglalaban nya yun! Ang tapang tapang e..

Kaya naman malakas ang loob kong ipaglaban ang nararamdaman ko dahil ramdam kong may laban naman ako..

Ipapakita ko sayo'ng kaya kong gawin ang lahat.. mabura lang yang nararadaman mo.. heheheheh..

Ang totoo..

Nakapag-isip na ako ng gusto kong gawin at kantahin para kay Taguro..

Kaya naman ganon na lang ang inis ko nang dahil sa mga pinagsasasabi nya!

Mabilis kong kinuha ang kotse ko at dumeretso ako sa Mall..

Maghahanap ako ng bulaklak na ibibigay ko sa kana pra sweet hahahahahaha!

Kailangang masiguro kong magugustohan mo ang panghaharanang gagawin ko sayo Taguro hehehe..

Mabilis akong pumasok sa Mall nila Tob pagkarating ko at saka ako pumunta sa Music Store.

"Good morning Sir.." bati sakin nung Assistant.

"Good morning.. Meron ba kayong Minus One nitong kantang 'to??" tanong ko habang iniaabot ang isang piraso ng papel kung saan ko isinulat kanina ang title at artist nung kantang hinahanap ko..

"I'll take a look Sir.." nakangiti pang sabi nung Assistant at tinanguan ko naman muna sya bago sya tumalikod sakin at pumunta sa isang lugar nung Store.

Nag-ikot naman ako at nagtingin tingin ng mga albums ng ibang artista..

Jeniffer Lopez.. Christina Aguilera.. Mandy Moore.. N'Sync.. Britney---ayun!!!

"Britney Spears.." nakangiting bulong ko pa habang hawak hawak ang album nya. **"Akin ka na.. hehehehe.."**

Kumuha rin ako ng No Strings Attached Album ng N'Sync at saka ako naglakad papunta sa Counter.

"I'll take these too.." nakangiting sabi ko pa sa Assistant.

"Yes Sir.. And here's what you're looking for.." abot nya ng isa pang CD. Kinuha ko naman yn at saka tinignan. **"Its a compilation of Minus One songs for this year Sir.."**

"I see.. thank you.."

"Would you like to have a try Sir?"

"No.. thank you.. I'll take it.."

"Okay Sir.." nakangiting sabi nya pa at saka pinunch lahat ng kinuha ko. **"Here Sir.."**

"Thank you.."

"Welcome Sir.. Please come again.."

"I will.."

"Thank you Sir.."

Yun lang at masaya'ng lumabas ako ng Music Store.

Hehehehehe.. araw-araw kong patutugtugin yang Sometimes na yan.. hanggang masaulo ko hehehehe! Bading na kung bading! Gusto ko talaga 'to e hahahahaha!

Kahit mag-isa lang ako ay hindi ko maiwasang maglakad ng nakangiti..

Nagtitingin tingin pa rin ako sa mga botique at stores na nadadaanan ko kahit na wala naman akong gusto'ng tignan o bilhin sa mga yun..

Maraming tumitingin sakin at ginagantihan ang mga ngiti ko at bukal sa loob ko namang sinuklian rin sila ng ngiti ko..

Masaya ako e.. Hawa hawa na hehehehe..

Nagpatuloy lang ako sa paglalakad habang nagtitingin sa iba't ibang stores na nadaraanan ko..

Hanggang sa mapadaan ako sa isang grocery store..

Pumasok ako doon at muling nagtingin tingin..

Nung makarating ako sa pwesto ng mga drinks ay agad kong nakita ang bungkos ng Yakult!

Hehehehehehe! Naalala kita!!!

Nakangiting inalala ko pa yung una't huling beses na nakita ko syang umiinom ng Yakult!

Ang sama lang ng ginawa ko sa kanya pero hindi ko pa rin maiwasan ang mapangiti..

Mukha akong tanga pero masaya talaga hahahaha!

Saan ko naman kaya makikita yung mga Stick-O dito?! Tch!

Nakailang ikot na ako at hindi ko alam kung saan ko makikita yung paborito'ng pagkain na yun ni Taguro!

"Do you need help Sir?" nakangiting tanong sakin nung isang Staff.

"Ahh yeah.. Saan ko makikita dito yung Stick-O?"

"Stick-O Sir??" parang nagtataka pang tanong nya.

Para yan sa babae'ng mahal ko..

"Yes.." kaswal na sagot ko.

"T-This way Sir.."

"Thank you.."

At nakita ko nga ang hilera ng iba't ibang kulay ng Stick-O.

Nakangiti akong tinignan yun isa-isa at saka kumuha ng bawat isang kulay at inilagay yun sa cart ko.

Hehehehe.. mamaya ko na lang 'to ibibigay kapag pauwi na hehehe.. Panghuling surpresa ka.. Simple.. pero cute.. Hehehehehehe!!!!

Kagat kagat ko pa ang dila ko habang nakangiting pumunta sa counter..

Haaaaayyy.. maswerte kang talaga dahil sayo ko lang naramdaman 'to.. Lahat ng kakornihang alam ko.. nagagawa ko na.. Tch! Pero okay lang hehehehe.. Kung susuklian mo naman ng kahit konting ngiti e.. ayos na!!!!

Sana magustohan nya 'to----

Natigilan ako sa pagtulak ng cart ko nung magtama ang paningin namin ni Maxwell!!!

Anong ginagawa nya dito!?

Pareho kaming nagtatakang napatingin sa isa't isa!!!!

Awkward badtrip! Bakit ba ganyan ang tingin nya?!

"A-Ahh Sir???" tawag sakin nung cashier kaya naman dali dali akong bumalik sa wisyo.

"Ahh yeah.. s-sorry.." sambit ko pa saka isa-isang inilagay sa harap nya ang pinamili kong Stick-O at Yakult..

Kitang kita ko pa sa gilid ng mga mata ko kung paanong naglakad si Maxwell papalapit sa pwesto ko.

Tch! Jahe naman! Badtrip!

Tatangu-tango syang tinignan isa-isa ang pagbabalot nung bagger.

"Ang dami naman nyan??" takang tanong nya na tumingin muna sa mga pinamili ko bago tumingin sakin!

Blangko ang mukha nya pero bakas sa mga mata nya ang pagtataka!

"A-Ahh hahaha.. i-ireregalo ko.."

"I see.."

"Mmm.."

"Paborito nya siguro yan.."

Malamang! Bibilhin ko ba naman yan kung hindi!

"A-Ahh hehehehe.." naisagot ko na lang.

"Wala ka bang laro??"

"Ahh hehehe mamaya pa.."

"I see.. so I guess you won't mind if I join you??"

Why?!

"A-Ahh yeah.. s-sure.." sagot ko nalang.

Okay lang yan Deib.. hindi mo naman sasabihin sa kanyang may gusto ka sa kapatid nya e.. hindi mo rin naman kailangang sabihin di ba?! Hehehehe.. hayaan mo ng panahon ang magsabi sa kanya hehehehe.. Paniguradong hindi ka naman nya mahahalata..

Nung matapos kong magbayad ay saka ko inilagay muli sa cart ang lahat ng pinamili ko at saka sumabay maglakad sa kanya..

"Saan na ang punta mo nyan?" tanong nya pa habang tinutulak rin ang cart nya.

"A-Ahh hehehe.. m-may bibilhin pa ako.."

"I see.. sige sasamahan na kita.."

"H-Ha??"

"I thought you won't mind if I join you??"

"A-Ahh yeah yeah.. o-of course.."

"Mmm.. so where are you going??"

Sasabihin ko ba?! Tsk! Bahala na!

"Sa F-Flower Botique.." naiilang na sagot ko! Agad naman syang nilingon ako! **"O-Of course to b-buy flowers.."** dagdag ko pa at tumango naman sya.

"Okay.."

Ang weird lang nung pakiramdam!

Naiilang ako na hindi ko maintindihan!

Hindi naman kami okay na okay pero hindi rin naman kami magkaaway! Pero bakit ang awkward nung dating para sakin!?

Siguro dahil ngayon lang naman kami nagkasama ng solo! Tsk!

"Sa SIS rin naman ang punta ko kaya sabay na tayo.." sabi nya pa habang naglalakad na kami papunta sa Flower Shop.

"M-May dala akong sasakyan.."

"Mmm.. ako rin naman.."

"I see.."

"Para kanino ang bulaklak??" tanong nya.

"H-Ha??"

"Of course for the person you like.." nakangising sagot rin nya..

Sariling tanong---sariling sagot!? Tch! Pamilya talaga kayo ng weird!

"Here.." sabi nya at saka huminto.. Napatingin naman ako sa harap namin. **"Sila ang may pinakafresh na bulaklak dito sa buong Mall.."**

"H-How did you know??"

"I just know.." nakangising sagot nya at saka naunang maglakad. Agad naman akong sumunod sa kanya.

"Welcome Sir.." nakangiting bati agad samin nung seller.

"Go ahead.. Pumili ka na.." nakangiting sabi pa sakin ni Maxwell at tinanguan ko naman sya at saka ako iiling iling na umikot sa kabuuan nung store.

Pano ako makakapili ng maayos nito!? Tsk! Bakit naman kasi dito nya pa napiling mamili! Nagkita pa tuloy kami! Badtrip! Nakakahiya! Ano na lang sasabihin nya kapag nalaman nyang kapatid nya ang pagbibigyan ko ng mga 'to!? Jahe!

"Here.."

"W-What this??" tanong ko nung iabot nya sakin ang isang papel.

"List of flowers that are available here.."

"I see.. t-thank you.." sagot ko pa at saka tinignan yun.

Hindi ko naman kailangan 'to!

Inilapag ko na lang sa kung saan yung list na inabot nya at saka nagtingin sa mga bulaklak.. Sumunod na naman sya!

"Would you mind if I help you??"

"H-Ha??"

"Of course you know Tulips.." biglang sabi nya habang nakaturo sa mga Tulips, mabilis naman akong tumango. **"Tulip is one of the most cultivated flowers in the world as it is distributed from Southern**

Europe to Africa to Asia. Most of its hybrids are grown in pots and are a popular fresh-cut flowers.."

"Mmm.. This is Oriental Poppy.." nakangiting sabi nya na inamoy pa yun at saka ipinakita sakin. Namamangha naman akong inabot yun. **"This plant thrives during droughts and summers because it totally sheds it foliage. The flower also comes in white, pink, red and mutlicolored.."**

"I s-see.."

"Plumeria.." nakangiti na namang usal nya. **"One of the sweetest flower you can ever smell.."** sabay amoy ng bulaklak saka iniabot sakin at ako naman ang umamoy. Mabango nga! **"The scent are very light and sweet.. isn't it?? You will likely to smell it again and again due to its unexplainable sweet scent. The flowers are very white with a little touch of yellow.."**

"M-Mabango nga.."

"Mmm.." nakangiting tango nya pa. **"This one's called Bleeding Heart.."** biglang usal nya habang hinahawakan yung tangkay ng maliit na halaman na may hugis puso'ng nakabaliktad. Nagulat ako nung biglang matawa pa sya. **"I don't think you would've wanna buy it.."**

"A-Ahh hahahaha yeah.." natawa ring sagot ko.

Pangalan pa lang, pangit na hahahaha!

"Of course.. you're familiar with Roses.. Dahlia.. Daisy.. Delphinium.. Orchid.. Dicentra.. Callas.." nakangiting sabi nya pa na lumingon pa sakin!

Kalalaking tao andaming alam sa bulaklak!!!!

Gulat akong napatingin sa kanya at parang nabasa nya naman ang laman ng isip ko kaya bigla syang natawa!

"Don't get me wrong.." pigil ang tawa'ng sabi nya pa saka tumingin ulit sa mga bulaklak. **"Hobby ng Lola ko ang magtanim ng flowers nung nabubuhay pa sya.."**

"P-Pareho tayo.." sagot ko na inalala pa ang Lola ko ring pumanaw na.

"Really?"

"Mmm.."

"That's nice.." tatangu-tango pang usal nya.

"P-Pero h-hindi naman ako naging maalam sa bulaklak!" nakangusong sumbat ko pa.

"Hahahaha.. then we're different.. kasi ako.. marami akong nalaman tungkol sa bulaklak.."

Bading pa ata 'to..

"I said don't get me wrong.." nakangisi pang sabi nya.

"H-Hehehe.. d-don't worry.." palusot ko pa. **"Tinuruan ka ng Lola mo??"**

"Mmm.. actually.. saming tatlo'ng magkakakapatid.. ako lang ang naturuan nya pagdating sa bulaklak.."

"B-Bakit??"

"Si Pein.. ayaw nya ng gardening.. Pero mahilig yun sa nature-tripping.. Tsh.. she's weird.. Si Maxrill naman, mas lalong hindi interesado sa flowers.. Bihira kasi talaga sating mga lalaki yon.."

"E-Exactly.."

"Hahahaha.. pero ako natuto?" sabi nya na parang nag-isip pa. **"Wala namang masama.. ang totoo.. nakakatulong pa nga.. Nakakawala ng stress.."** nakangiting sabi nya na yumuko pa at inamoy ang isang bulaklak na nandon. **"Here.. I suggest you to buy this.."**

"W-What's this?" tanong ko.

"Juliet Rose.."

****LUNOK!****

"W-What's special about this flower??" tanong ko na inamoy amoy pa yun at mabango nga!

"Its uniqueness??" natawa pa kunwaring tanong nya. **"Its unique and expensive.. very very expensive.. This particular flower took about 15 years to become a full grown flower and is the only of its kind flower in the world.."** namamangha pang sabi nya at saka muling inamoy yun. **"It can't be seen anywhere.. Baka nga sa buong Laguna.. dito mo lang makita ang mga yan ng ganyan kafresh.."**

"Tama po sya.." biglang sabat nung seller na nakangiting lumapit pa samin. **"Kami lang po ang meron nyan sa buong Laguna.."**

"T-Talaga??"

"Yes Sir.."

Saglit ko pang pinagmasdan yun at unti-unti nga akong namangha sa ganda nun!

Angganda nga hehehehe.. bagay kay Taguro..

"For sure.. she'll like it.."

Napatingin akong muli kay Maxwell at nakangiti pa rin sya sakin!

"H-How can you be so sure??"

"Because I know her.."

"H-Ha??"

"Hahahahaha.. I know girls too well.. Simple'ng rose nga lang.. kinikilig na sila.. Yun pa kayang rare?? Tsh.. Go ahead.. buy it.."

"Y-Yeah.. Yeah.. hahaha.. I-I'll take it.." pigil ang tuwa'ng sabi ko sa seller at saka sya nakangiting tumango sakin.

"Just a minute Sir.."

"Thank you.."

Nung makaalis ang seller ay nagtingin tingin pa muli ako sa bulaklak na nandoon dahil nakakamangha naman talaga silang pagmasdan..

Gulat akong napatingin sa relos ko at...

"Demmit!" wala sa sariling sigaw ko.

"Why?" takang tanong naman ni Maxwell!

Hindi ko sya sinagot at napatingin lang ako sa kanya!

Hindi ko napanood ang laro ni Taguro!!! Badtrip!!!! Bakit ba kasi hindi ko naisip na alanganing oras na yung alis ko kanina?! Badtrip talaga oh!

"Hey? Is there a problem??" tanong ulit nya.

"I-It's okay.." inis na sagot ko at napabuntong-hininga pa.

Nung iabot sakin nung seller ang flowers ay binayaran ko agad sya.... ng MALAKI..

Ang totoo ay hindi ko rin inaasahan ang presyo pero.. wala naman sakin yun..

Basta para kay Taguro..

Pagdating sa Parking Lot nung Mall ay mas nagmadali na ako.

"O-Okay lang ba'ng mauna na ako? N-Nagmamadali talaga ako e??"

"Okay.." parang gulat pa ring tanong nya.

"Salamat talaga.. Thank you.."

"Mmm.. welcome.. and goodluck.." nakangiting sagot nya at nginitian ko naman sya saka mabilis na pumasok sa kotse!

Kahit magmadali ako ngayon wala na! Huli na! Hindi ko na sya mapapanood dahil malamang tapos na ang game nya! Badtrip!

Mabilis kong pinaandar ang kotse ko at ilang minuto lang ay nasa SIS nako! Kinausap ko ang guard na pagbuksan ako ng gate dahil ipapasok ko ang kotse ko at mabilis nya namang ginawa yun!

Pagdating na pagdating ko dun ay tinawagan ko agad sina Tob at Lee! Saka ako nagpatulong!

MAX'S POV

Anong oras na..

Hindi ko pa rin sya makita..

Wala akong choice kung hindi ang bumalik ng SIS..

Bago pa man ako tuluyang makarating sa room kung saan ko iniwan sila Naih kanina ay tumunog ang cellphone ni Naih.. Mabilis kong kinuha yun..

~Maxrill Calling. . . ~

Saka ko yun sinagot..

"Yoboseyo??"

"Eodieya??"

"I'm coming.. just a minute.."

"Arasseo----"

"Hello Max!?"

"Oh Naih?" sagot ko nung biglang agawin nya ang telepono kay Maxrill.

"Nasan ka na?"

"Parating na.. naglalakad nako e.."

"Dumeretso ka dito sa Gym.. Bilisan mo.. nandito na si Deib.."

"T-Talaga??"

"Oo!"

"S-Sige.." sagot ko at saka ko ibinaba ang cellphone. Saglit pa akong napahinto sa paglalakad ko dahil sa hindi maipaliwanag na bilis ng tibok ng puso ko.

King inang.. kung san san kita hinanap tapos mauunahan mo pa pala akong bumalik?! Tsk!

Inis akong nagtuloy sa paglalakad at salubong ang kilay kong pinasok ang Gym pero..

****BLINK!*BLINK!*BLINK!****

WALANG TAO!!!!

Naglakad pa ako hanggang sa gitna nung Gym pero wala talagang tao!

Siraulo talagang Naih yun!

Inis kong inilabas ang cellphone nya nung biglang..

Napatingala ako ng bigla kong marinig ang parang tunog ng gitara... Mahina pero parang malakas..

CHECK OUT THE MULTIMEDIA!

♫ ♪ **"I don't know what he does to make you cry.. But I'll be there to make you smile.. I do have a fancy car.. but to get to you I'd walk a thousand miles..."** ♪ ♫

Sensui????

♫ ♪ **"I don't care if he buys you nice things.. Does his gifts come from the heart?? I don't know.. But if you were my girl.. I'd make it so we'd never be apart..."** ♪ ♫

♫ ♪ **"But my love is all I have to give.. Without you I don't think I can live.. I wish I could give the world to you, but.. Love is all I have to give.."** ♪ ♫

♫ ♪ **"When you talk-does it seem like he's not even listening to a word you say? That's okay babe, just tell me your problems.. I'll try my best to kiss them all away.. Does he leave when you need him the most? Does his friends get all your time? Baby please, I'm on my knees.. Praying for the day that you'll be mine!! But my love is all I have to give.. Without you I don't think I can live.. I wish I could give the world to you, but.. Love is all I have to give.."** ♪ ♫

♫ ♪ **"To you, hey girl, I don't want you to cry no more-inside.. All the money in the world could never add up to all the love.. I have inside, I Love You.. And I will give it to you.. All I can give, all I can give.. Everything I have is for you.. But love is all I have to give.. But my love is all I have to give.. Without you I don't think I can live.. I wish I could give the world to you, but.. Love is all I have to give.."** ♪ ♫

Parang huminto ang paligid ko at si Sensui lang ang nakikita ko at boses nya lang ang naririnig ko..

Kumakanta sya ngayon sa harap ko at hindi ko alam kung anong mararamdaman ko..

Nanatili akong nakatayo pero alam ko kung panong unti-unting nanghihina ang tuhod ko.

OceanofPDF.com

CHAPTER 112 : INTERHIGH

MAX'S POV

♫ ♪ ***"To you, hey girl, I don't want you to cry no more-inside.. All the money in the world could never add up to all the love.. I have inside, I Love You.. And I will give it to you.. All I can give, all I can give.. Everything I have is for you.. But love is all I have to give.. But my love is all I have to give.. Without you I don't think I can live.. I wish I could give the world to you, but.. Love is all I have to give.."*** ♪ ♫

Parang huminto ang paligid ko at si Sensui lang ang nakikita ko at boses nya lang ang naririnig ko..

Kumakanta sya ngayon sa harap ko at hindi ko alam kung anong mararamdaman ko..

Nanatili akong nakatayo pero alam ko kung panong unti-unting nanghihina ang tuhod ko..

Bakit nya ba ginagawa 'to?

Hindi ko talaga maintindihan kung anong mararamdaman ko..

May nakakatuwang pakiramdam..

May nakakakilig rin naman..

Pero lamang na lamang ang hiya at ilang na nararamdaman ko!

Hindi ko inaasahang ganito kahapit ang gagawin nya..

Nang matapos ang kanta..

Napabuntong-hininga ako at tumingin ng deretso sa kanya..

Mahigit dalawang metro rin ang layo ko sa kanya..

Ang bilis bilis ng tibok ng puso ko pero pilit kong itinatago yun dahil ayaw kong makita nya..

Nakangiti sya habang hinahabol ang hininga dahil nagsususumayaw rin sya habang kumakanta..

Nakatingin kami sa isa't isa nang biglang mag-umpisa syang nakangiting maglakad papalapit sakin..

Now this is great.. what the heck should I do....???

Napatingin ako sa floor ng Gym na yun at pakiramdam ko ngayon ay blangko ang paligid at kaming dalawa lang ang nandoon kahit na ang totoo,

maliban saming dalawa ay maraming gamit ang nandon tulad na lang ng billiard tables.

Hindi ko sya tinitignan ng deretso pero alam ko kung nasaan na sya.. nakikita ko sya sa isang bahagi ng paningin ko na papalapit sa akin..

At habang papalapit sya ng papalapit.. pabilis rin ng pabilis ang tibok ng puso ko..

Hanggang sa..

"E-E-Ehem.." kunwari pang ubo ko at saka bumuntong-hininga nung tuluyang makalapit sya.

"Eheeeeemm.." pang-asar na ubo nya rin at saka ngumisi pa. **"Wala ka bang mga kamay?? Pwede mo kong palakpakan.."** matamis ang ngiting biro nya pa at mas nailang naman ako sa mga titig nyang yun.

Iiling iling akong naiiwas ang paningin sa kanya dahil aminado ako sa sarili kong hindi ko alam talaga kung anong gagawin ko dahil hindi ko naman inaasahan 'to.. hindi ko inaasahang gagawin nya 'to..

"Ano?? Hahahahahaha.. Speechless??" pang-aasar nya pa.

"Tss.."

"Hahahahahaha! You're speechless.." nakangiting pang-aasar nya pa!

CLAP!**CLAP!

PUMALAKPAK ako ng bongga at nagulat naman sya! Salubong ang kilay nyang tumingin sakin at nginisian ko naman sya.

"Palakpak lang pala e.. eto pa.."

CLAP!**CLAP!

"Ano? Nagustohan mo ba yung kanta ko.... para sayo??" nakangiting tanong nya pa at napaisip naman kunwari ako bago sumagot.

"M-Mmm.."

"Talaga??"

"O-Oo naman.." seryosong sagot ko. **"Ikaw pa lang kasi ang kumanta sa harap ko ng talagang dedicated sakin yung kanta.."**

"Talaga?? Edi kwits na tayo.. ikaw lang rin ang kinantahan ko ng ganito e.."

"A-Ayos yun.." wala akong masabi.

"Edi...." binitin nya ang pananalita nya habang nakangising nanunuksong tumingin sakin.

"Ayan ka na naman sa mga pamahiin mo.. Tss.."

Inaasar ko sya pero nanatili syang nakangiti habang nakatingin sakin.

"B-Bakit?" tanong ko.

"Sabihin mo sakin kapag tapos ka ng kiligin.." nakangising sabi nya.

Totoo'ng naiilang ako dahil matapos nung ginawa nya ay ngingisi ngisi sya ngayon sa harap ko at hindi ko maitatanggi ang lakas ng dating nya dahil sa ginawa nya.. Pero ayoko namang ipakitang nagustohan ko ang ginawa nya..

Nagpakawala ako ng isang mahabang hininga..

Whooooooooooohhhh...

"Ang tagal mo namang kiligin!?" tanong nya pa habang natatawa.

"Hindi ko kasi inaasahan e.." sagot ko sa kanya.

"Hahahahaha alam ko.." nakangising usal nya at saka tumingin sa mga mata ko at pinisil ang dalawang pisngi ko.

Napatingin naman ako sa sahig at medyo iniiwas ang mukha ko..

Tumungo sya at bahagyang inilapit ang mukha nya sa mukha ko..

"Wag mong pigilan yung kilig mo Taguro.. lalo ka lang kasing namumula.." kunwaring seryosong sambit nya at saka tinalikuran ako!*'Haaaaa....*

Para akong matutumba kaya naman iniayos ko ang sarili ko sa pagkakatayo ko..

Napahawak ako sa pisngi ko pagkatalikod nya at saka huminga sa bibig..

Gusto ko syang sigawan pero parang wala akong lakas!

Inis akong pinanood sya habang naglalakad papalapit sa kaninang pinanggalingan nya ng biglang...

WTF???

May dala ng bulaklak si Sensui at naglalakad na naman papalapit sakin!!!

Tumindi pa lalo ang kabog sa dibdib ko at pakiramdam ko ay mas lalong tumitindi yun kada hakbang nya papalapit sakin! Nakakatingin ako ng deretso sa kanya pero ang katawan ko na ang may problema! Nanlalambot ang mga tuhod ko at nanginginig ang mga kalamnan ko!

Hindi ko pa naranasan 'to noon kaya hindi ko alam kung anong gagawin ko..

Sinabi mo sa kanyang gawin nyang lahat ng gusto nya.. Tss.. Panindigan mo yan..

Wala akong choice kung hindi ang panoorin syang makalapit ng tuluyan sa akin.. But this time.. hindi ko na sya matignan.. Ramdam ko ang mas matinding pagkailang at hiya dahil pakiramdam ko ay alam ko na ang sasabihin at gagawin nya..

At mas hindi ako handa sa mga bagay na naiisip ko!

Pero anong gagawin ko?? Tatakbo ako?? Kung kelan nandito na sya sa harap ko!? Tss! Badtrip! Bakit kasi kailangan pang gawin 'to?! Pwede namang kantahan na lang ako ng simple! Badtrip!

Kinakabahan talaga ako ng matindi!

Nahihiya ako at nanghihina na ako sa sobrang hiya!

Hindi ko alam ang sasabihin ko at pakiramdam ko pati isip ko e tinatabla ako!

Hindi ko alam ang gagawin ko dahil pati katawan ko kontra sa mga hakbang ko!

Hanggang sa bahagya pa syang yumuko at ngumiti na naman sa mismong mukha ko..

Hindi tulad kanina.. ngayon ay nakangiti sya pero seryoso.. Matamis ang mga ngiti nya pero kaba ang dulot nito sa sistema ko..

Kahit naiilang ako ay pilit kong tinignan sya ng deretso sa mga mata.. Pilit kong inaalis ang emosyon kong parang madali nya ng nakikita..

"S-Sorry.."

Sorry???

Gulat akong napatingin sa kanya nung bigla nyang bitiwan ang huling linya'ng yun!

Hindi agad ako nakasagot at pilit akong naghanap ng sagot sa isip ko!

Para saan ang sorry???

Taka akong tumingin muli sa kanya pero walang nagbago sa itsura nya.. Nananatili syang seryosong nakangiti deretso sakin..

"I'm really sorry.."

"E-Eh??" takang tanong ko.

"I was wrong.." seryoso pang dagdag nya.

"I d-don't g-get it.."

"I realized that confessing about my feelings.." mabagal na dagdag nya pa. **"..aren't enough for us to get closer.."**

"I d-don't know what you're s-saying.." usal ko pero hindi nya yun pinansin..

"Sorry kasi.." nakangiting bumuntong-hininga pa sya.. **"Akala ko kaya ko ng sabihin lahat.. kaya ko ng iparamdam lahat.. pero hindi pa pala.."** nakangiti na namang dagdag nya. **"I thought it will be easy.. but I was wrong.."**

WTF???

Sorry??

I was wrong!?

Close???

Easy?!

WTF are you talking about!!!!!!

"L-Look.." pigil ko sa kanya. **"I don't know what you're saying.. and I don't get what you're trying to say.."**

"I thought that we were close enough to be honest with each other.. But I was wrong.." huminga pa sya ng malalim.. **"So now, I'm gonna be honest.."**

"With what??" inis munit kabado paring tanong ko.

"Can I court you??"

Can I court you??

Can I court you??

Nagtayuan ang mga balahibo ko sa katawan at parang nagpaulit-ulit sa pandinig ko ang tanong nyang yun..

Naghahabulan ang tibok ng puso ko habang parang dahan dahan pang hinihimas yun!

"Hoy T-Taguro.."

"H-Ha??"

"P-Pwede ba kitang ligawan??" halatang kabado ring tanong nya!

At hindi na naman ako nakasagot!!!

Napatingin ako sa sahig at salubong ang kilay na nag-isip!!!

Can I cour-----WTF???? Akala ko ba hindi sya sigurado sa nararamdaman nya!? Kelan lang sya umamin sakin at hindi ko makakalimutang sinabi nyang wag akong mag-alala dahil wala syang balak ligawan ako dahil hindi sya sigurado sa nararamdaman nya at----pinipigilan nya pa?! Ngayon ganito ang sasabihin nya?! May sapak na ba talaga sya?! Mag-eemote tapos bigla kang susuyuin?! Deym.. Bipolar rin?!

"Hoy.. T-Taguro.." tawag nya na naman sakin na inalog-alog pa ako!

"H-Ha??"

"Tinatanong kita kung pwede ba kitang ligawan?! Bakit nakanganga ka lang dyan?!"

"A-Anong----Hindi ah!"

"Hahahahaha.. kunwari pa.." bulong nya pa! **"Edi sagotin mo ang tanong ko.. Pwede... ba.. kitang.. li-ga-wan! Pwede ba kitang ligawan?!"** nakangiti pa ring tanong nya!

"A-Ano bang sinasabi mo dyan??"

"Tagalog na nga yun---hindi mo pa rin naintindihan?!"

"Tss! N-Naintindihan ko pero.. b-bakit?!"

"A-Anong bakit?! Bakit kita liligawan?! Tch! Bakit ba!? Bakit ba nanliligaw ang isang lalaki sa babae'ng *'gusto'* nya ha?!"

"Tss.."

"At gusto kong sagutin mo rin ako ngayon.." nakangusong dagdag nya pa.

"A-Ano?!" gulat talagang tanong ko!

"O-Oo.." nakangusong sagot nya pa ulit. **"G-Gusto ko sagotin mo ko ngayon.."**

"S-Siraulo mo!"

"Tch! Ibig mong sabihin... p-pag-iisipan mo pa talaga?!"

King ina pala 'to e.. hindi ko nga alam kung anong mararamdaman ko e! Malamang pag-iisipan ko pa! Anong akala nya sakin!? May gusto rin sa kanya!? Engot!

"Nagmamadali ka ba??" mayabang na tanong ko.

"Oo!"

"Bakit?!"

"H-Hindi ko na matiis e.."

"A-Ang alin naman??"

"Gusto na kitang ligawan e.."

"Tss.. e bakit sabi mo gusto mong sagotin na rin kita ngayon!?"

"Tch! Ang hina mo naman!"

"W-What!?" inis na tanong ko!

"Tinanong kita kung pwede ba kitang ligawan! Malamang.. sasagotin mo rin yun ng *'oo'* o *'hindi*'!!"

"A-Ahh.." napapahiyang sagot ko.

"T-Teka.." gulat na usal nya pa. **"W-Wag mo sabihing..."**

"Bwahahahahahahahahaa!" tumawa sya ng malakas!

"Hahahahahahahaha!" tawa nya pa ulit habang nakaturo sakin!

"A-Ano ba!" suway ko sa kanya!

"Hahahahah.. iniisip mo bang ang sagot na hinihingi ko ngayon ay *'sagot'* para maging *'girlfriend'* na kita?! Bwahahahahahhaha! Hoy Taguro.. hindi yon ang tanong ko! Ang tanong ko----"

"Oo naintindihan ko!"

"Ngayon lang.. kanina.. hindi! Hahahaha! Aminin mo.. tama ako di ba?? Akala mo ang ibig kong sabihin na sagutin mo ko ngayon ay

sagotin ng *'oo'* para maging tayo na talaga?? Hahahaha.. Asa!!!"

"T-Tss.."

"Hahahaha.. o sige.. iibahin ko nalang yung tanong----"

"Wag na.."

"Sige na.. iibahin ko na lang.." pang-aasar nya pa at iniiwas ko naman ang tingin ko sa kanya. **"Will you be my girlfriend??"**

Badtrip!

Mas kinilabutan ako sa tanong nya at parang pinisil pa ang puso ko! Nanigas ang buong katawan ko at naiwang nakanganga ang bibig ko!

"Huyy! A-Ano??" pangungulit nya pa!

"T-Tigilan mo na nga 'to!" inis na sigaw ko sa kanya at astang tatalikod pero..

"Teka!" pigil nya sakin!

Damn it!

Hindi ako nakapagsalita!

At hindi ako makatingin sa kanya!

"A-Ano ba?! Saan ka pupunta???"

"A-Aalis na!" hindi makatingin ng deretsong sigaw ko pa sa kanya at nanlaki naman ang butas ng ilong at mga mata nya!

"A-Anong---Bakit aalis ka!!! Nakita mo ng nagpropropose ako---tapos lalayasan mo ko?!"

Hindi ako nakasagot!

"Wag ka ngang bastos! Makinig ka sa mga sinasabi ko at isapuso mo!"

Isapuso!?

"Baka nakakalimutan mong solo'ng solo kita ngayon dito...??" ngingisi ngising sabi nya pa at napaatras naman ako!

"L-Lumayo ka sakin.. h-hindi ganyan ang nagpopropose.."

"Sagotin mo muna yung tanong ko.." dagdag nya pa.

"Hindi ko nga kasi alam kung anong sasabihin ko!" inis na sagot ko!

"Oo at hindi lang e!!!"

Lakas ng apog neto! Sya pa may ganang manigaw ah!?

"Magpapaligaw ka ba o hindi?!" salubong ang kilay na tanong nya pa!

"Hindi!"

"Hahahahahahaha! Edi girlfriend na kita?!"

"A-Ano?!"

"Ayaw mong magpaligaw e.. edi girlfriend na nga kita hahahahahah!"

"Tss! Kalokohan yan!"

"Edi magpaligaw ka na!"

"Sapilitan!?"

"Oo!"

"Tss..!"

"Edi magpaligaw ka na nga.." nakangisi pang tanong nya. **"Liligawan naman kita e.. Liligawan kita maya't maya.."**

"Manahimik ka na.." pigil ang inis na sabi ko pa.

"Hindi ako mananahimik hangga't hindi mo sinasabing *'Deib.. oo.. pinapayagan na kitang ligawan ako..'..*"

WTF??

"Tsaa! Hanep.."

"Mamahalin kita.. o mamahalin mo ko? You choose.."

"Eeeeehhhh??????" hindi makapaniwalang tanong ko pa habang nakangangang nakatingin sa kanya. **"S-Saan mo ba nakukuha yang mga pinagsasasabi mo ha?!"**

"Sa puso't isip ko.." nakangiti munit seryosong usal nya. **"Nagkakaisa ang puso't isip ko at ginagamit nila ang bibig ko para masabi sayo ang nararamdaman ko.."**

Korni!

"At hindi ko ibibigay sayo ang mga bulaklak na 'to hanggat hindi mo sinasabi saking pwede kitang ligawan.." nakangising yabang nya pa!

"T-Tss! Aanhin ko naman yan?? Hindi ako mahilig sa bulaklak.."

"A-Ano!?" inis na tanong nya. **"Hoy.. kapag nagkataon.. ikaw pa lang ang babae'ng bibigyan ko ng mamahaling bulaklak!"**

"Yun e kapaaaaagg... tinanggap ko.."

"Tatanggihan mo pa ba naman 'to?!"

"Oo!"

"H-Ha?! A-Ang yabang mo ah!"

"Tss.."

Bakas ang pagpipigil sa inis na tumingin sya sakin.. Nakangiwi ang nguso nya at masama ang tingin sakin..

Hindi mo ko makukuha sa mga ganyang tingin Sensui.. Matibay 'to..

"Seryoso na kasi.." malungkot na sabi nya**. "Gusto ko ng seryosong usapan.."**

Iniwas ko ang tingin ko sa kanya at dinig ko pa ang malakas na buntong-hininga na pinakawalan nya..

Ang totoo ay kinakalaban ko na lang ang mga salita nya dahil hindi ko talaga alam kung anong sasabihin ko.. Hindi ko alam kung papayag ako o tatanggi sa mga tinatanong nya.. Nalilito ako sa dapat kong maramdaman.. Alam kong wala akong nararamdamang kakaiba sa kanya talaga.. Maaaring merong paghanga pero yung magustohan ko sya ay malabo pang talaga..

"A-Akala ko ba bahala na ako sa buhay ko?? Na gawin ko na ang lahat ng gusto kong gawin? Na sabihin ko na ang lahat ng gusto kong sabihin?? Bakit ngayon.. Tch!" nakangusong sabi nya pa.

Nanumbat pa?! Hanep talaga..

Bumuntong-hininga ulit sya..

"Sige.. huling tanong na.. at hindi ko na uulitin.."

Mas kinabahan ako sa huling linya'ng yun!

Bahagya pa akong napapikit bago muling tumingin sa kanya! Nagtama ang paningin namin at kita ko ang sinseridad sa mga mata nya..

"I like you.." biglang usal nya habang nakatingin sa mga mata ko. **"I like you and no matter how hard I try to avoid it.. I can't force myself to stop liking you.. I always end up liking you more.. and more.."** pinagmasdan nya pa ang kabuan ng mukha ko. **"I'm not afraid of rejection.. but I'm afraid that not telling you what and how I'm feeling right now might be a reason for me to lose you.."**

Hindi ako sumagot at nanatili lamang akong nakatingin sa kanya.. pinanatili kong blangko ang mukha ko upang hindi nya makita ang emosyong nararamdaman ko..

"So I chose to let this feelings to remain inside me.. Gusto kita at gusto kita.. Ayoko ng pigilan.. ayoko ng mawala.. Kahit na ayaw mo sakin.. gugustohin pa rin kita.. Wala akong pakialam kung san mapunta 'to.. basta gusto kita.. At kapag sinabi kong gusto kita.. gusto talaga kita.."

Hindi ako makasagot sa mga sinasabi nya at nakikita ko talaga ang pagiging totoo nya.. Meron sa loob kong hindi naniniwala pero kasabay nun ay meron rin namang natutuwa..

Bibihira sa lalaki ang magkakaron ng lakas ng loob magsabi ng ganito pero bakit parang sumobra naman yata sa lakas ang loob neto??

Pero sa loob loob ko.. gusto ko ng tumakbo dahil pakiramdam ko unti-unti akong tinutunaw nung mga titig nyang yun! Idagdag mo pa ang

nagtatamisang salita'ng binibitiwan nya!

'ahit sinong babae mapapakandirit sa kilig dahil sa mga pinagsasasabi nya!

Hindi ko pwedeng ipakita sa kanya yun dahil ayokong umasa sya.. ayokong madaliin lahat Sensui.. Pasensya na.. Ikaw lang kasi ang masasaktan kapag pinilit ko ang sarili ko ngayon.. P-Pero bakit ganon??

Tinitigan ko sya habang nag-iisip ako..

Hindi ko rin naman kayang saktan sya?? Tsk! Badtrip..

"Tama na.." sabat ko.

"H-Ha??"

"Tigilan mo na yan.."

"Taguro.." parang bata'ng usal nya pa. At huminga naman ako ng malalim.

~BLAAAAAAMMM!!!!~

Sabay kaming napatingin ni Sensui sa malakas na hampas ng pinto ng Gym!

"N-Noona.." dinig ko pang tawag ni Sensui habang pareho pa rin kaming nakatingin sa entrance ng Gym..

"What's this?!" galit na tanong ni Dein!

Mabilis kong iniiwas ang paningin ko nung makita kong kasama ni Dein si Randall.

"M-Maaax!"

Muli akong napatingin sa Entrance nung marinig ko ang boses ni Naih at natigilan naman sya nung makita kami saka muling nagtuloy sa paglalakad. Tinignan ko naman sya hanggang sa tuluyan syang makalapit sakin. Hindi ako nagsalita. Tumango muna sya kay Sensui bago tuluyang bumaling sakin.

"M-Max----"

"Deeiiibb!!!" malakas na sigaw pa rin ni Dein pero walang pumansin sa kanya! Na kay Naih ang atensyon namin ni Sensui..

"Tapos na ba kayo??" tanong ni Naih.

"T-Tapos san?"

"Dyan sa ginagawa nyo--ano ba!" malakas na bulong nya pa!

So may alam ka!?

Hindi ko sya sinagot at inis akong tumingin sa kanilang dalawa ni Sensui!

"D-Deib s-sorry.. nagulat kasi kami bigla na lang dumating ang Ate mo at hinahanap ka.. k-kung san san na daw kasi sila n-naghanap pero---"

"Deib!" sigaw ni Dein! **"Ano ba?!"**

"N-Noona.." usal ni Sensui.

Hindi ako nakatingin kila Dein pero ramdam kong papalapit na sila samin. Unti-unti na ring umiingay ang paligid at dinig ko ang mahihinang usapan ng mga nasa paligid ko.

"What the heck is *'this'*?!" halatang inis pang tanong ni Dein kay Sensui. Pero hindi pa rin ako tumingin.

"What are you d-doing here??" tanong ni Sensui sa kanya.

"W-What?! Alam mo ba kung saan saan ka namin hinanap?! Tapos tatanongin mo ko ng ganyan?!"

"Hinanap??" takang tanong pa ni Sensui sa kanya!

"Oo! Hinanap! Tinawagan ako ni Lee kanina at sinabi nya saking hindi nila alam kung nasaan ka! Kaya naman nagmadali ako dahil sa pag-aalala ko kung san ka nagpunta! Tapos ngayon----ano 'to!?" tanong ni Dein habang nagpapapalit palit ng tingin saming dalawa! **"At may dala ka pa talagang bulaklak ha?!"**

"N-Noona.."

"Answer me!"

"I-I'm p-proposing.."

Demmit..

"P-Proposing??"

"Yes.."

"To her??" tanong ni Dein na isinenyas pa ako.

"Y-Yes.."

"Ha..." hindi makapaniwalang buntong-hininga pa ni Dein. **"I can't believe you---"**

"I don't need you to believe me.. So please.. for now, I want you to please respect what I'm doing.. dahil hindi madali 'tong planuhin.. u-umalis ka muna.. ha?? Noona??" parang bata'ng pakiusap pa ni Sensui sa Ate nya.

"What?!"

"Noona.."

"No.."

"Aiisshh! Noona!"

"I said----No!" bahagya pa syang tumingin at nagpalipat-lipat ang tingin saming dalawa ni Sensui. **"D-Do it in front of me..."** bahagya pang usal nya dahilan para mapalingon kaming lahat sa kanya.

"H-Ha??"

"I said... do it in front of me.." nakangiti munit halatang plastik na sagot pa nya kay Sensui.

"Dein.." dinig kong tawag ni Randall sa kanya dahilan para mapatingin ako sa kanya at nagtama ang paningin naming dalawa..

Napabuntong-hininga pa ako matapos kong iiwas ang paningin ko sa kanya.

"Dein let's go.." yaya pa ni Randall sa kanya. **"Dein---"**

"No.." si Dein. **"Gusto kong makita kung anong isasagot ni Maxpein sa proposal ng kapatid ko sa kanya.."** dagdag nya pa habang nakangiting nakatingin ng deretso sakin dahilan para tignan ko rin sya. Nang magtama ang paningin namin.. kahit nakangiti sya ay kitang kita ko ang inis at galit sa mga mata nya dahilan para magbago rin ang pakiramdam ko.

Nawala ang kaninang saya'ng nararamdaman ko.

Nawala rin ang kaunting kilig na bumalot kanina sa puso ko.

Bumalik sa dati ang emosyon na nararamdaman ko..

"What now?!" kunwaring excited pang tanong ni Dein kaya naman natinag ako.

"P-Pero wag mo kong pagtatawanan ha!?" nakanguso pang tanong ni Sensui sa Ate nya na nakatingin pa rin sakin.

"Of couse.." nakangiting usal pa ni Dein na hindi talaga inaalis ang paningin sakin.

"Dein.. they need privacy.." singit na naman ni Randall kaya napatingin na naman ako sa kanya.

"Hon.. gusto ko lang namang makita kung pano magpropose ang kapatid ko sa kanya.." malambing pang sabi nya kay Randall at saka tumingin sakin. **"Parang ang *'sweet sweet'* kasi.. di ba?? Magproprose sya.. in public pa? Di ba?? I think its sweet.. sooo sweet.."**

"Public? They're alone here.. until we interrupt them.." si Randall. Hindi naman nakasagot si Dein at nginitian lang sya.

Alam ko ang nararamdaman ni Dein..

Naiinis sya..

Nagagalit..

Kung pwede nya lang akong sigawan, malamang ay ginawa nya na yon pero hindi nya magawa..

"Hon.. sa tingin ko m-mas ma-aappreciate ni P-Pein kung.. s-silang dalawa lang ni Deib ang mag-uusap.." si Randall.

"You think so?" takang tanong pa kunwari ni Dein.

"Yes.."

"Mmm.." nag-isip pa sya kunwari. **"I don't think so.. gusto ko talaga'ng makita hahaha! Let's watch them hon.. I think its very sweet and interesting! Gusto kong makita kung pano silang *'kiligin'* sa isa't isa.."**

"P-Pero Hon..."

"Hon.. kaya mo naman silang makita di ba??"

"H-Ha??"

"I mean.. kaya mo namang makitang nagpropropose ang kapatid ko sa *'ex'* mo di ba??"

"H-Hon...."

"Di ba Hon?!" pagdidiin pa ni Dein.

"O-Of course.." nakatinging saking sagot ni Randall.

Napabuntong-hininga ako at hindi ko maipaliwanag ang maliit na kirot na yun na kumurot sa bandang puso ko.

Bakit kailangang makaramdam ako ng ganito sa araw na 'to.. Haaayyss..

"Come on hon.. I know its awkward pero.. minsan naman ay okay lang ipakita sa kanilang wala ka na talagang pakialam.." dagdag pa ni Dein habang nakangising nakatingin sakin.

"D-Dein.."

"Okay I'll just shut up hihihihi.. Go on Deib... yiiieeee!!! Ajaaaaa dongsaeng!"

Ramdam na ramdam ko mula sa pagkakasabi ni Dein ang pagiging sarcastic nya..

Hindi ako tanga.. alam kong ginagawa mo 'to hindi para makita ang reaksyon ko.. kundi para makita ang reaksyon ng boyfriend mo.. Tss.. you're pathetic Dein..

Isang salita lang ang masasabi ko sa ipinapakita nya..

Kaplastikan.. Kaplastikan lang at wala ng iba..

Dinig kong bumuntong-hininga si Randall dahilan para magtama ang paningin namin sa isa't isa.

"T-Taguro..." dinig kong usal ni Sensui pero hindi ko sya nilingon**. "Can I cour---"**

"Sige na.. p-pumapayag nako.." sagot ko habang nakatinign pa rin kay Randall..

Kaya naman kitang kita kung paanong nanlaki pa ang mga mata nya dahilan para iiwas ko ang paningin ko sa kanya at saka bumaling kay Sensui.

"Sige na.. pumapayag nako----"

"Maging girlfriend ko?!" excited pang tanong nya!

"Tss.. yan ba tanong mo kanina?!" inis na tanong ko.

"D-Dalawa kaya yung tanong ko.." nakanguso pang usal nya at saka dahan dahang napalitan ng matamis na ngiti ang mukha nya. **"Seryoso ka??"**

"Mmm.."

"Talaga??"

"Oo nga.."

"Wala ng bawian yan ah??"

"Tss.."

"Hahahahahahaha!!!" malakas na tawa nya pa at saka tumingin sa kapatid nya! **"Narinig mo yun Noona?! Pumayag na sya!"**

"Psh! Akala ko naman ay sinasagot ka na nya.." natatawa pa'ng usal ni Dein.

"Tch! Hindi naman ako nagmamadali.. syempre liligawan ko muna sya.. Tapos saka ko sya magiging girlfriend.. Di ba Taguro??"

Hindi ako nakasagot sa kanya dahil hindi ko maalis ang paningin ko kay Randall na nananatiling nakatingin sakin..

Bakit kailangan mo kong tignan ng ganyan?? Ayaw mo bang gawin ko 'to? Sabihin mo lang.. babawiin ko ang sinabi ko..

"Huyy Taguro! Di ba?? Hehehehe.."

"H-Ha??" gulat ko pang tanong kay Sensui nung bahagya nya pa akong iharap sa kanya.

"Hahahahaha! Speechless ka na naman?! Ang sabi ko.. syempre.. liligawan muna kita.. tapos saka kita magiging girlfriend.. Di ba?? Di ba??"

"A-Ahh.. o-oo.."

"Kita mo na! Hahahahaha! Sabi ko sayo e!" excited na sabi nya pa kay Dein.

"Psh.. sana niligawan mo na noon para sinagot ka na ngayon.. sayang ang effort mo oh.. Balita ko ay kinantahan mo pa sya?? Hahahaha.. h-hindi pa nga kita narinig magpractice ng panghaharana kay Kim tapos sya.. kinantahan mo?? Wow lang hahahahahaha.."

"A-Ahh hehehe.. h-hindi mo na kailangang magbanggit pa ng ibang pangalan Dein.." sarkastikong sabi pa ni Sensui sa Ate nya.

"E hindi mo pa ba ibibigay sa kanya yung bulaklak mo ha??"

"Ahh hahaha! Oo nga pala hehehehe.. Taguro.."

"M-Mmm??"

Ayun na naman ang nanghihigop nyang mga tingin at ang nakakatunaw nyang mga ngiti..

Pigil ang emosyong tumingin ako ng deretso kay Sensui at pilit nilabanan ang mga titig nyang yun..

Kitang kita kong talagang masaya sya sa ginagawa nya sakin.. Masaya sya sa kung paanong nasasabi nya sa akin ang tunay na nararamdaman nya.. Nakikita ko sa mga mata at kilos nyang totoo ang sinasabi at ginagawa nya..

Pero bakit ganito ang nararamdaman ko?? Ang lakas ng kutob kong kapag tinanggap ko ang nararamdaman mo ay sakit lang ang maidudulot ko sayo?

Hindi dapat ako pinag-aaksayahan mo ng oras.. dahil meron dyang mas higit pa sakin ang maisusukli sayo..

Napabuntong-hininga ako sa sarili kong naisip habang deretsong nakatingin sa buhay na buhay na ngiting yun ni Sensui..

DEIB'S POV

Naiilang sya hehehehehehe..

Kitang kita ko ang pamumula ng mukha nya at pagkailang sa mukha nya!

Kaya mas masarap syang tignan e hehehehe.. kinikilig kasi hehehehehe!!!!

Ang sarap sa pakiramdam ang pagmasdan sya..

Pakiramdam ko ay hinihimas pa ang puso ko kapag tinititigan ko sya habang namumula sya..

Wala akong pakialam kahit may iba ng nakakakita..

Dahil ang alam ko lang..

'Masaya ako dahil kahit na alam kong wala pa akong pag-asa.. nakikita ko namang kinikilig at natutuwa ka..'

"Kinikilig ka no??" hindi ko mapigilan ang sarili kong tanongin sya.

"T-Tss.. h-hanep.."

"See?? Nauutal ka pa.."

"Manahimik ka.."

"Hahahaha.. Ano?? Hindi mo mailabas ang yabang mo ngayon?? Kasi nga.. kinikilig ka.."

Nanunuksong tinignan ko sya at bumuntong-hininga naman sya.

"S-Sige na sige na.. nagugutom na ko.." sabi nya na tumalikod na pero hinabol ko ulit sya.

"Teka naman.."

"Ano na naman!"

"A-Ang sungit mo na naman.." nakangusong sabi ko at saka nginusuan sya! **"Ni hindi ko pa nga naibibigay 'tong bulaklak ko e.."**

"Iyo na yan!"

"A-Ano!?"

"Hindi ako nagbubulaklak!"

"Edi magbulaklak ka ngayon!"

"Tss.."

"Hindi ka ba talaga nagbubulaklak o nahihiya ka lang na makita ng mga tao'ng may dala kang bulaklak??" nanunuksong tanong ko at hindi naman sya nakasagot! **"Hahahaha.. gusto mo ako ang magdala para sayo??"** tanong ko at tumingin naman sya sakin! **"Pero.. hindi ka pwedeng umalis sa tabi ko.."**

"Ano?! Tss.. ayan ka na naman sa mga patakaran mo e!"

"E sa yun lang ang paraang alam ko para hindi mo ikahiya 'tong bulaklak na bigay ko e.."

"Anong ikahiya ang sinasabi mo dyan!?"

"Tch.. wag ka ng magkaila.. Alam ko namang kaya hindi mo 'to matanggap kasi nahihiya kang makita ka ng mga tao'ng may dala kang bulaklak.. At mas mahihiya ka pa kapag tinanong ka nila kung kanino galing yun.. Di ba??" naiinis na tanong ko.

"H-Hindi naman sa ganon---"

"Ganon yun.. Kaya nga sinasabi ko sayo ngayon.. ako ang magdadala para sayo basta wag kang aalis sa tabi ko.."

"Bakit ko naman gagawin yun??"

"Dahil ayokong nawawala ka sa paningin ko.."

"Kalokohan.. Tigilan mo na yan.. nagugutom na ko.. Hindi ako mabubusog nyang mga pinagsasasabi mo.."

"Nakakainis ka naman e! Ano bang pwedeng kong gawin para maniwala ka sakin ha!?" inis na tanong ko!

"Naniniwala na nga ako di ba!? Nagugutom lang---hindi na naniniwala!? Bawal ng magutom!?"

"Badtrip ka alam mo ba yun!? Ang tagal kong pinag-isipan 'tong supresa ko tapos sisirain mo lang!?" inis talagang tanong ko!

"A-Anong sinira?! A-Anong ginawa ko sayo!?"

"Yan!"

"Anong yan?! Nakisama naman ako ah?! Um-oo pa nga ako di ba?! Tss.."

"Dahil hindi ganito ang kalalabasang inimagine ko!"

"Aba! Kasalanan ko ba yun!?"

"Oo! Dahil abnormal ka!"

"Mas abnormal ka! Tumira ka na lang dyan sa imahinasyon mo!"

"A-Anak ng... H-Hoy! Alam mo ba kung gano ka kaswerte dahil isang Deib Enrile ang may gusto sayo?!"

"Alam mo rin ba kung gano ka kaswerte dahil nadidikitan mo ko ngayon!?"

"Ano?!" singhal ko! **"S-Sino namang mag-iisip na maswerte sila dahil nadidikitan ka nila?!"**

"Ikaw.. dahil bukod sayo.. marami'ng naghahabol sakin pero ikaw ang pinili ko.."

"Bakit?! May pinagpipilian ka pa ba?! Asa!" malakas na pang-aasar ko sa kanya!

"Marami.. marami akong pagpipilian! At maswerte kang ikaw ang pinili ko!"

"Tch! Piniling ano??"

"Pinili kong mag-inarte ng ganyan sa harap ko.. Dahil ayoko sa lahat ay yung may kabaduyan.. Ayoko ng cheesy at ayoko ng mga ganyan ganyan.. Pero dahil isa kang Deib Lohr Enrile e tinitiis kita.. Napakaswerte mo dahil pinayagan kitang gawin lahat yan sa harap ko.." mayabang pang sabi nya.

Tch! Hambog talaga.. pero gusto kita hahahaha!

"Baka dahil may gusto ka na rin sakin??" mayabang na nakangising tanong ko.

"Asa.."

"Tch!" singhal ko pa. **"E pano kapag nainlove ka sakin??"** mayabang na tanong ko pa.. tumitig ako sa mukha nya at nagtaka ako ng makita kong unti-unti'ng mawalan ng emosyon ang mukha nya.

Nawala ang inis.

Nawala ang asar.

Nawala ang pagiging sarkastiko.

Nawala ang tuwa.

Bahagya nya pang iniiwas ang paningin nya sakin at napaubo pa sya kunwari.

Bahagya akong nakaramdam ng kaba.

"B-Bakit?" mahinang tanong ko pa sa kanya habang nakangiting ng deretso sa mukha nya.

"M-May ibang n-nakakakita.. h-hindi ako kumportable.." bulong nya at nakahinga naman ako ng maluwag.

'Akala ko kung ano na.. Haaayyss..'

"A-Ahh.. hahahaha.. akala ko kung ano na.. S-Sorry ah? Nawala sila sa isip ko hahahaha.. nakalimutan kong hindi na nga pala kita solo ngayon----"

"Hahahahahaha!"

Sabay kaming napatingin ni Taguro sa malakas na tawa na yun ni Noona!

"W-What?!" inis na tanong ko sa kanya!

"Ang cute nyo pala?!"

"H-Ha?!?" inis na tanong ko.

"Honey! Di ba ang cute nila??" natatawang tanong pa ni Noona kay Randall dahilan para lingunin ko sya.

Seryoso ang mukha ni Randall at halatang pilit lang ang mga ngiti't tawa nya. Nakatingin sya kay Noona pero kitang kita ko ang mga palihim na tingin nya kay Taguro.

"O-Oh.." kunwaring pagsang-ayon ni Randall.

"Sshhkk.. Hindi ko talaga lubos maisip na gagawin ng kapatid ko 'to hahahaha.. kahit sinong babae yata e kikiligin sa ginawa mo Deib.. Yiiieee ang galing galing mo.." si Noona.

"A-Ahh hahaha.. of course Noona.. H-Hehe.."

Ang totoo ay kanina pa ako naninibago..

Pilit kong itinatago ang pagkagulat at pagtataka sa sarili ko dahil sa iniiastang yun ni Noona..

Alam na alam kong ayaw nya kay Taguro..

Pero ano 'tong pinapakita nya ngayon?? Bakit biglang nagkaganon??

Dati ay kahit na nasa kanya na si Randall.. ayaw nya pa ring dikitan ko si Taguro.. pero bakit ngayon ganito na??

Naguguluhan ako..

Pakiramdam ko ay ginagawa mo lang 'to Noona.. para makasiguro'ng mapapalayo na talaga ng tuluyan si Taguro at Randall sa isa't isa..

Pero ayaw kong ipakita kay Noona ang paghihinala ko.. Ayaw kong isipin nyang hindi ko tinatanggap ang mga pinapakita nya.. Kasi pano nga naman kung nagkakamali lang ako sa naiisip ko?? Baka sabihin nya pa.. minamasama ko ang pagmamagandang loob nya..

At ang totoo.. sa tingin ko ay pwede ko ring paboran.. kung ano man ang pinaplano nya..

"Hindi ko inaasahan 'to pero sa tingin ko.. I should be happy for you two.." nakangiting sabi pa ni Noona kaya naman pilit ko ring nginitian sya.

"Thank you Noona.."

"Thank you ka dyan! Hindi ka naman sinagot ni Maxpein! Wag ka ngang feeling! Hahahahahaha!"

"O-Oo nga pero.. d-don na rin ang punta nun! Tch! U-Umalis ka na nga!"

"Ya! Bakit ka ganyan?! Alam mo ba kung pano ako nag-alala kahahanap sayo kanina ha?!"

"Tch.. Nakita mo na ako e, di ba?! Umalis ka na.. hehehehe e hindi ka muna kasi nagtatanong.."

"You're not answering your phone, stupid!"

"E-Ehh nag mamadali ako e.."

"Whatever.."

"O sya sige na.. umalis ka na.. Tapos na ang palabas at oras na para masolo ko naman sya.."

"Na naman?!"

"Oo! May angal?!" naghahamong tanong ko sa kanya!

"Psh! Whatever.. Oh sya.. Hon?? Let's go??" baling ni Noona kay Randall at kitang kita ko na naman kung panong tumingin pa sya kay Taguro bago bumaling kay Noona.

Bakit kailangan nya pang lumingon lingon kay Taguro!? Nakakainis!

Tumingin naman ako kay Taguro at nakita kong nakatingin lang sya sa sahig at walang emosyon ang mukha nya..

Ano kayang iniisip nya?

"Mauna na kami.. I'll see you later brother.." nakangiting sabi pa ni Noona na nakasampay ang kamay sa braso ni Randall. **"Maxpein??"**

"M-Mmm?" si Taguro.

"Please take care of my brother.." nakangiting sabi pa ni Noona sa kanya.

"He can take care of himself.."

"H-Hoy.." bulong ko pa kay Taguro.

"But I'll take care of him *'more'*.. so you don't have to worry.."

Hahahahahahaha okay okay okay.. Tsk tsk.. Taguro talaga oh.. Haaayy.. hehehehehe!

"Mmm.. we'll see.." nakangiting sabi pa ni Noona at saka muling tumingin sakin bago bumaling kay Randall. **"Let's go hon.."**

"Y-Yeah.." si Randall.

"Say goodbye to them.."

Tumingin sakin si Randall at tinignan ko naman sya ng deretso sa mga mata..

"S-See you around.." halatang pilit ang ngiting sambit ni Randall.

"Yeah.. see you.." nakangiti ring sagot ko at bumaling naman sya kay Taguro.

"We're going.."

Tinanguan lang sya ni Taguro at saka bumaling sakin. Ako naman ay pinanood munang makalayo sina Randall at Noona bago bumaling kay Taguro na ikinagitla ko naman dahil nakatingin pala sakin!

Bakit ba naiilang ako sa mga tingin nya!? Badtrip! Dapat masanay na ako! Mapapahiya ako kung gaganito ako ng gaganito.. Haaaayyss.. Taguro.. You're melting me..

"Sabihin mo nga sakin...?" biglang sambit ni Taguro.

"H-Ha??" takang tanong ko kay Taguro.

"Bulaklak lang ba ang kaya mong ipakain sakin??"

"H-Hindi ah! B-Bakit naman kita pakakainin ng bulaklak?!" inis na tanong ko sa kanya!

"Tss.. e bakit ito ang ibinigay mo sakin matapos kong sabihin sayong gutom nako!" sigaw nya!

"E-Ehh..."

"Tss.." singhal nya at saka ngumiti..

Natigilan ako sa ngiti'ng yung..

Ngiti'ng pabiro pero ang lakas lakas ng dating sakin..

Gusto ko syang titigan pero nandito pa si Parrot sa harap namin..

Ngumiti na lang rin ako sa kanya at saka tinusok ang noo nya..

"Ang O.A. mo.." mahinang sabi ko pa. **"Halika na pakakainin kita.."**

At naglakad na nga kami palabas ng Gym..

"Nasan si Maxrill??" tanong ni Taguro kay Parrot.

"Ahh.. nanood sya ng basketball.. Tatawagan ko na lang.."

"Bakit nga pala walang tao sa Gym?" tanong ni Taguro kay Parrot.

"May free hug dun e.." seryosong sagot naman ni Parrot sa kanya habang nakaturo sa kabilang side ng Gym sa labas..

"Free hug?" takang tanong ni Taguro.

"Psh! Para walang pumasok sa loob ng Gym ay inutusan ni Sensui sina Lee at Tob na mamigay ng free hug.. ayun.. pinagkaguluhan sila nung mga babae sa labas.. Psh.. panay babae lang kasi ang naiwang nakatambay dito sa Gym kanina nung dumating sya.." mahabang paliwanag naman ni Parrot sa kanya dahilan para salubong ang kilay na tumingin sakin si Taguro.

"Wag mo kong tignan ng ganyan.." nakangiti munit seryosong sagot ko sa mga tingin na yun ni Taguro. **"Ayoko lang masira yung plano ko.. kaya ko ginawa yun.."**

"Tss.. bakit naman kasi.. pwede namang kumanta nalang ng simple.. naabala ka na.. nang-abala pa ng iba.. Nice.."

"H-Hoy.. alam mo ba yung salitang *'effort'* ha?! Alam mo ba yun ha?!" inis na tanong ko pa. Pinandilatan nya lang ako ng mga mata at saka naglakad papalayo.. Inis naman akong sinundan sya ng tingin!

Badtrip 'to! Hindi ko tuloy malaman kung nagustohan nya ba yung ginawa ko o hindi!

"Hayaan mo sya.. ganyan lang talaga yan kapag hindi nya alam kung pano magrereact sa paligid nya.."

Napalingon ako kay Parrot sa sinabi nyang yun..

"Tch! Nakakabwisit.. hindi mo malaman kung kailan mo dapat lambingin kasi parang kahit na anong gawin mo.. magagalit sya.."

"Ginusto mo yan e.. tiisin mo.."

"H-Hindi ko naman kailangang tiisin dahil.. gusto ko sya kahit na masungit pa sya.."

"Wheeww.." napasipol si Parrot. **"Hindi ko akalaing magkakagusto ka sa kaibigan ko.."** natatawa pa kunwaring dagdag nya. **"Matapos yung**

limpak limpak na kalokohan mo? Eto ang bagsak mo? Hahahaha.. Ambelibabol.."

"H-Hindi ko nga alam kung bakit nagkaganito e.. wala e.. H-Hindi ko na mapigilan e hehehehe.."

"Anong nagustohan mo sa kanya?" nakangiti munit seryosong tanong pa nya at natiglan naman ako saglit saka nag-isip bago magsalita.

"A-Ahh.. hahaha.." kunwaring tawa ko pa**. "A-Ang totoo h-hindi ko alam kung anong nagustohan ko sa kanya.. d-dati rati kasi.. lahat ng meron sa kanya.. sa buong pagkatao nya.. Ayoko!!!.. Wala maski isang katangian na meron sya ang ginusto ko.."** sabi ko habang tinatanaw si Taguro habang nanonood sa ginagawa nila Lee at Tob. **"Nagkusa na lang yung nararamdaman ko.. Hahahaha.. In denial stage pa nga ako nung una e.. sinasabi na sakin ni Tob yung tunay na nararamdaman ko.. tumatanggi pa ko.. Tch! Pano ko nga naman maaamin sa sarili kong nagkagusto ako sa tao'ng inaway away ko??"** tanong ko at saka nakangiting lumingon ulit kay Parrot.

"Ibig mong sabihin.. dati ka ng may gusto sa kanya??"

"Mmm.. siguro.. Hahahaha! Kasi.. kahit na ako nagugulat ako sa mga ikinikilos ko.. Siguro nga, dati na akong may gusto sa kanya.. Kaya naman ngayon ko lang naieexpress yung feelings ko kasi ang tagal kong itinago.." nakangiting sagot ko sa kanya. Bahagya naman sya'ng natawa. Bumuntong-hininga pa sya bago magsalita.

"Gusto kita para sa kanya.."

"T-Talaga??"

"Mmm.."

"B-Bakit??"

"Hahahahaha.. Ang totoo?? Hindi ko rin alam.. Ramdam ko lang na gusto kita para kay Max.. Siguro dahil kakaiba yung simula nyong dalawa hehehe.."

"A-Ahh.. hahaha.. S-Salamat.." natutuwa munit nahihiyang sagot ko.

"Kaya sana matagalan mo.."

"A-Ang alin??"

"Si Max.."

"B-Bakit??" kabadong tanong ko.

"Kasi.. hindi sya katulad ng ibang babae.."

"P-Panong hindi sya tulad ng ibang babae??"

"Tulad nga ng paulit-ulit mong sinasabi noon.. She's weird.. super weird.. in every ways.. Hindi kita tinatakot pero.. Good luck para sayo.." nakangiting sabi nya pa at kita ko naman ang sinseridad nya. **"Ikaw kasi ang hindi ko kilala at hindi ko saulo ang personalidad.. kaya naman sinasabi ko sayo na.. sana matagalan mo sya.. Dahil si Taguro.. hindi tulad ng ibang babae'ng nakakasalamuha mo.. Nag-iisa lang yan.."**

"A-Ahh hahahaha.. O-Oo naman.." hindi maintindihan ang mararamdamang sagot ko. Bumuntong-hininga naman sya at saka ngumiti.

"Pero wag kang mag-alala.. magpakatotoo ka lang at wag kang magsasawa.. Dahil kapag nahuli mo ang kiliti nyan.. kahit ayaw mo na.. hindi mawawala ang nararamdaman nyan.. Kasi masyado syang stick to one.."

Pansin ko nga.. yung kay Randall nga e.. Tch!

"Tara.. baka nagugutom na yun.." nakangiting yaya nya na nagpaumuna ng maglakad.

Hindi naman agad ako sumunod sa kanya at tinanaw ko pa sya..

Hindi ko akalaing sasabihin ngayon sakin ni Parrot 'to.. Hehehehehe! Wag kang mag-alala.. ako naman ang magiging kupido ni Lee bwahahahahahaha.. Para sayo Parrot!

Sumunod ako sa kanila papalapit kina Lee at Tob at doon ko lang nakita ang lahat ng babae'ng nagkakagulo sa pila para mayakap sina Lee at Tob na bakas na sa mukha ang pagkainis at pagkabagot..

"Waaaaaa Lee!! Please Hug me! My name is Min Ki!!!"

"Oh my goooossshh ako rin please Lee!!! Michelle here!"

"Kyaaaaaaaaa!"

"Waaaaaaaaaa!"

"Akooooo rinnnn!"

"Ako naman Lee!!!"

"Me too Toooob!"

"Please ako rin!!"

"Waaaaaaaaaa ayan na si Deib!"

"Waaaaaaaaa!"

"Deib! Pafree hug rin!"

"Please ako rin Deib!!"

"Nooo! Ako munaaaa!"

"Waaaaaaaaaaa!"

"Kyaaaaaaa!"

"Deeeeeeiiib!!!"

"Yaaaaaaaa!"

"Hug meeee!!!"

"Ako kahit autograph na lang! Para hindi nahuhugasan! Hehehehe!! Lynda here!"

"Me too! Pa-autograph! Loryvic!"

"Ako rin!!!! Nicole Cathe please!!"

"Waaaa! Francesca P rin please!!"

"Karen pleasssee!"

"Jane tooo!!!"

"Ailla here!"

"Chu here!"

"Chineetta Eu here too please!"

"Aubrey Jenn please!"

"Hikariiii here!!! Pleaseeeee!!! Huhuhuhu!"

"A-Ano ba?! Anong ginagawa mo dyan!" reklamo ni Taguro matapos kong magtago sa likod nya habang nakahawak pa sa mga balikat nya!

"D-Dyan ka lang.." bulong ko pa sa kanya.

"U-Umalis ka nga dyan!"

"Ayokong magpayakap sa kanila!"

"Bahala ka sa buhay mo!" inis na sigaw nya habang tinatanggal ang mga kamay ko sa balikat nya pero muli kong hinawakan yun at nagtago sa likod nya! **"A-Ano ba! Bitiwan mo nga ako!"**

"Wag ka ngang maingay!" malakas na bulong ko pa! **"Walang pwedeng yumakap sakin maliban sayo, okay?! Kaya ayaw ko!"**

"A-Alis sabi dyan e!"

"Ayoko sabi e!"

"A-Alis!"

Inis akong hinawakan sya sa kamay at hinila!

"Gutom ka na di ba!? Halika na!"

"T-Teka---"

"Bilis!"

Pigil ang mga ngiti'ng hinila ko sya papunta ng Canteen!

Mabilis na nagsipagsunuran ang mga babae samin pero natinag sila nung makaupo kami ni Taguro sa table..

"Parati ka na lang nakabusangot.." nakangusong sabi ko pa sa kanya.

"Ano bang nangyayari sa mga tao ngayon tsk.." mahinang sabi nya pa.

"Tch!"

Huminga sya ng malalim at saglit pang pumikit.. Tumitig naman ako sa kawirduhan nya at ngumiti nung imulat nya ang mga mata nya.. Nagtama ang paningin namin kaya lalo akong napangiti..

"Sabihin mo nga sakin.. paano ba kita mapapangiti??" seryoso munit nakangiting tanong ko sa kanya. Tumingin naman sya sakin at astang nag-iisip.

"Bakit mo naman ako pangingitiin?"

"Kasi gusto kong parati kitang nakikitang nakangiti.."

"Tss.. Mas natutuwa ako sa mga pinaggagagawa mo noon.. kesa ngayon.."

"A-Alin naman don!?" inis na tanong ko.

"Natutuwa ako kapag nakikita kitang napipikon.. Tss.. kesa ngayon na kung anu-anong kabaduyan ang ginagawa mo dyan.."

"B-Baduy?! A-Anong baduy don!"

"Lahat.."

"Hoy Taguro.. wag ka ngang ganyan.." inis na sabi ko.

"Hindi lang ako makapaniwala okay??"

"Oo nga.. pero wag mo naman akong ganyanin.." seryoso talagang sabi ko at nanahimik naman sya.

Pakiramdam ko tuloy ay hindi man lang sya natuwa sa ginawa ko sa kanya..

Effort na sakin yun.. pero parang wala lang sayo..

"Alam kong pinaghirapan mo yun.. k-kaya salamat.."

"Tch! Kaya pala parang hindi mo man lang nagustohan yung ginawa ko!?"

"Nagustohan ko naman.." nakangising sagot nya.

"Nagustohan daw.." bulong ko naman at saka nakangusong tinignan sya ng masama! **"Ganyan ba ang reasyon ng nagustohan ang ginawa ng manliligaw nya ha?! Nakabusangot ang mukha mo at parang ayaw na ayaw mo kong makasama!"**

"Bilib talaga ako sa paningin at imahinasyon mo e noh? Kung san san nakakarating?" natatawang tanong nya.

"A-Ano!?"

"Kasi binabasa mo ang mga kilos at reaksyon ko at gumagawa ka sa isip mo ng mga konklusyon base sa nakikita mo.. Dahilan para umasta ka ng ganyan sa harap ko.. Para kang bata.."

"Ang yabang mo! E talaga naman ah! Kung ibang babae yon.. matutuwa! Samantalang ikaw---wala kang ginawa kung hindi itabitabingi yang ulo mo na parang nagtataka ka pa kung anong ginagawa ko at bakit ko ginagawa ang ginagawa ko! Tch!" inis na sabi ko sa mukha nya. **"Manhid.."** bulong ko pa.

"Tss.. ano bang inaasahan mong gagawin ko?? Ang magtititili sa harap mo habang kinakantahan mo ko?!"

"Oo!"

"Wow.."

"A-Anong wow!? Hoy.. Deib Enrile 'to oy.. nakita mo ba kung ilang babae yung nagmakaawang yakapin ko dun kanina ha!? Nakita mo?? Tapos ikaw.. ginaganyan mo lang ako?!"

"E anong gusto mo magmakaawa rin ako sa harap mo?" ngingisi ngising tanong nya pa!

"A-Ang hirap mong kausap!"

"Hahahahaha.." bigla syang tumawa at napatingin naman ako sa kanya. **"Gagawa gawa ka ng mga kabaduyan mo tapos mamumwersa kang gustohin ng tao yung ginawa mo? Hanep hahahaha.."**

"T-Tignan mo 'tong ugali nito! Edi hindi mo talaga nagustohan?!"

"Nagustohan ko nga.."

"E bakit ganyan ang sinasabi mo sakin!? Badtrip ka alam mo ba yun ha?!"

"Hahahahahaha!"

"Sige tawa pa!" inis na sabi ko sa kanya! **"Tch! Yung ibang babae makita lang ako.. tili na ng tili tapos ikaw.. Tch.. nakakabadtrip.."**

"Hindi ako marunong tumili e.."

Napatingin ulit ako sa kanya at bahagya pa syang nakangisi..

"H-Hindi ka marunong tumili?!" pigil ang tawang tanong ko.

"Mmm.."

"B-Bwa.. Bwahahhahahahahahaha! Ang wirdo mo naman! Kababae mong tao hindi ka marunong tumili!??"

Hindi sya sumagot sakin at bumuntong-hininga lang sya at saka sumandal sa upuan nya at nakapandikwatrong tumingin sa side nya.

"Gusto mo.. patiliin kita??" sarkastikong tanong ko at lumingon naman sya sakin. Tinignan nya ako ng nakangisi rin. **"Ano?? Gusto mo bang patiliin kita??"**

Bumuntong-hininga sya at saka nakangiting nagsalita..

"Hindi na.. baka kung anu-ano na namang gawin mo e.."

"Tch!" inis na singhal ko!

Hindi man lang kumagat! Badtrip!

Bagsak ang mga balikat na tumayo ako at pumila sa line at um-order!!!

NAIH'S POV

"A-Ahh.. G-Girls.. Girls.." tawag pansin ko sa mga babae'ng kasalukuyang nagkakagulo sa free hug nina Tob at Lee. **"Pagod na kasi sina Lee at Tob.. hindi pa sila naglalunch e.. kaya kung pwede lang yayayain ko na muna sila.. Para makapaglunch na rin kami? Kasi may laro pa sila e.."** nakangiting sabi ko pa at kitang kita ko naman kung papaanong nanlumo ang mga babae'ng nakapila pa.

d>>_<<b

"Aaaayyy.."

"Nakakainis naman.."

"Ang daya.."

"Huhuhuhu.. ang lapit ko na e!"

"Huhuhuhu ano ba naman yan!"

"Nakakaloka naman.. kung kelan naman ako na sunod!"

"A-Ate baka naman pwedeng isa lang oh! Pa-autograph nalang oh! Sulat lang name ko at message kaunti! Yhun Shi ang name ko! Please?!"

"Ako rin Ate pleasee?! Maria Kristel.."

"Asher naman sakin teh.."

"Jay Jay po ako!!"

"Xhenna naman po ako!"

"Jona Lyn here po!"

"Jhessa rin po pleaseee!"

"Lea Jaena pleaase!"

"Chieve pleaseee!"

"A-Ahh.. p-pasensya na talaga pero kasi pagod na sila e.. Pasensya talaga.. may laro pa kasi sila mamaya.. Kaya kung okay lang sa inyo e.. kakain na muna kami para naman mabawasan yung pagod nila.. Pasensya na talaga.."

"Huhuhuhuh sana bukas meron pa.."

"Pagod na daw sila e.."

"Bakit pa nila ginawa 'to kung hindi naman nila tatapusin?? Huhuhuhu nakakainis naman.."

"Tara na nga Ellie.."

"Tara na Meika.. hindi naman tayo makakaabot.."

"Oo nga Jorina.. tara na.. sana may next time pa.."

"Nakakalungkot naman.."

"Let's gooo Eksdiiie.."

Nakaramdam ako ng inis dahil ang iba sa kanila ay hindi makaintindi..

Psh! Hindi naman artista 'tong mga 'to para magkaganyan kayo ano! Kung si Dingdong Dantes 'to.. pwede pa!

Inis akong tinignan pa si Lee na halatang pagod na katatayo at kayayakap sa mga babae'ng nakapila sa harap nya..

Bilib rin ako dito e.. Alam ko namang may gusto 'to kay Max pero ginagawa nya pa rin 'to para makapagpropose ng ayos ang bestfriend nya sa tao'ng gusto rin naman nya! Martir!

Engot...

"Hoy.. feeling F4..." tawag pansin ko sa dalawa. **"Tama na yan.. Tara na.."**

"Ha??" si Tob.

"Tara na kako.. alam kong gutom na kayo.."

"Tapos na ba sila??"

"Psh! Nasa Canteen na nga e!" inis na sabi ko pa!

"Ha?! Hindi man lang pumunta si Deib dito!? Lokong yun ah!"

"E pano.. nung makita sya nung mga babae.. gusto rin syang yakapin kaya ayun.. hinila agad si Pein sa loob ng Canteen.."

"Kasama nya na si Max??" biglang tanong ni Lee at inis naman akong tumingin sa kanya!

"Oo!"

"Bakit hindi ko nakita?!"

"E kasi martir ka!"

"M-Martir?" takang tanong pa nya.

"Oo! Bakit?! Hindi ba?! Psh! Tigilan nyo na nga yan! Halika na! Nagugutom nako.."

"Tsh.. anong problema nyan?" dinig ko pang bulong ni Lee kay Tob na nagkibit-balikat na lang sa kanya.

Pinanood ko pa yung dalawang magsorry at magpaalam dun sa mga babae'ng nakapila pa at nanghihinayang dahil hindi umabot sa pagyakap sa kanila..

Matapos nun ay saka sila sabay na lumapit sakin..

"Let's go.." si Lee.

"Ano?? Okay ba yung performance ni Deib ha!?" ngiting ngiting tanong ni Tob. **"Pucha.. hahahaha.. dami kong tawa dun ah! Hindi ko akalain talagang maiisip ni Deib yun!"**

"Psh.. at hindi ko akalaing magkakagusto yang kaibigan nyo sa kaibigan ko.." natatawang sagot ko.

"Huh?! Bakit naman?! Maganda si Max.. hindi na nakakapagtaka yun.." si Lee.

Para sayo ang dahilang yun! Ang dahilan ni Deib.. malamang.. iba yun! Hindi nya nga daw alam e!

"Nakakatawa hahahahaha.. loko'ng Deib yun.. May nalalaman pang hindi sigurado?! Tapos biglang nagpakitang gilas ang king ina hahahaha.. malupit rin e.." si Tob.

"Kung hindi ako nagkakamali ay yun yung usapan nila ni Max na kapag nanalo tayo ay kakanta sya.." si Lee.

"Yun nga.. hahahahaha.. pero hindi ko akalaing ganon ang gagawin nya! Akalain mong naisip nya yun?! Si Deib!? Hahahahahahahaha.. I can't imagine! Pero nagawa nya! Unbelievable.."

"Dumating nga pala sila Dein at Randall.." biglang sabat ko.

"At nakita nila ang ibang mga nangyari.." dagdag ko pa.

"A-Anong sabi ni Dein??" tanong ni Tob at inalala ko naman yung nangyari sa kanila.

"Mukhang okay naman sa kanya.."

"Ha?!" silang dalawa.

"Mmm.. mukhang okay naman sa kanya.. nagulat nga rin ako e! Pero ayun nga.. okay naman.. Ang totoo.. sinabihan nya pa nga si Sensui ng... *'Aja'*!!!!" panggagaya ko pa sa sinabi ni Dein kanina..

"Talaga?? Ssshhhkkk.. Whew.." sumipol pa si Tob. Nanatili namang tahimik si Lee at saka kami nagtuloy na kami sa Canteen at natanaw agad namin si Max na nakaupo'ng mag-isa sa table kaya naman linapitan na namin sya.

Ang totoo ay naiinis ako..

Hindi ko maintindihan pero naiinis ako..

Feeling ko ay napakaraming mali..

Feeling ko.. *LAHAT* ay mali..

Kitang kita ko kanina ang mukha ni Dein at hindi ko maitatanggi'ng *KAPLASTIKAN* lang ang pinapakita nyang *OKAY* lang sa kanya yung bonggang proposal ng kapatid nya kay Max..

Alam kong pinapakita nya lang na pabor sya sa kanilang dalawa.. Gayunpaman ay hindi ako sigurado sa posibleng maging dahilan nya.. Pero dalawa lang naman yun e..

Una, para hindi mapahiya ang kapatid nya..

Pangalawa, para magkaron ng distanya si Max sa boyfriend nya..

Psh.. Napakaimmature.. ang tagal tagal na nilang wala.. ganon pa rin sya mag-isip? Loser..

Alam ko namang hindi pa rin sila okay ni Max kahit na wala ng dahilan para magalit sya.. Hindi nya naman maaalis kay Max yung nararamdaman nito sa boyfriend nya.. Ang mahalaga.. sya na ang kasama.. at hindi na si Max..

Ang totoo, nalilito ako sa nararamdaman ko.. Naiinis ako na hindi ko maintindihan.. Bukod don ay kinukutuban ako at naghihinala.. Hindi mawala sa isip ko yung reaksyon nilang lahat habang nag-uusap usap silang apat.. Habang nakatayo ako don ay talagang pinanood ko ang bawat isa sa kanila kung pano silang magrereact sa ganong klaseng sitwasyon..

Mag-*EX*..

At *MAGKAPATID*..

Stop me!!!!

Akala ko sa palabas lang nangyayari yan..

Muli kong naalala yung mga sinabi sakin ni Max nung umaga..

Psh! Ayaw palang manakit ah!?

Nainis talaga ako nung panoorin ko ang reaksyon nya kanina..

Ang mga ekspresyon ng mukha nya..

Kung panong pumayag sya na manligaw si Sensui sa kanya..

Kitang kita ko sa mukha nya na hindi nya rin inaasahan ang magiging desisyon nya..

Bakit kailangang kay Randall ka tumingin samantalang si Sensui naman ang kausap mo?! Makaeksena lang? At talagang nakatingin pa kayo sa isa't isa habang nagsasalita kang pumapayag ka na?! Psh!

Pumayag syang magpaligaw kay Sensui pero habang sinasabi nya yun ay nakay Randall ang paningin nya!

Hindi ko malaman kung bakit ba pakiramdam ko.. kaya lang sya nagdesisyong pumayag na magpaligaw kay Sensui ay para ipakita kay Randall na okay na sya.. lalo na't kaharap rin nya si Dein! Gusto nyang ipakita sa kanilang okay na sya at nakamove on na!

Para sakin ay dalawa lang rin ang dahilan ng iniasal nyang yun..

Una.. para pagselosin si Randall.. At pangalawa.. para ipakitang nakamove on na sya.. Alin man sa mga dahilang yan ay hindi ko nagustohan..

Gosh I cannot believe this.. Tsk.. Sana nga Max ay nagkakamali lang ako..

Ngayong nasa harap ko si Max ay hindi ko maiwasang mapatingin sa kanya..

Nakatungo sya sa mga kamay nyang parehong naglalaro ng daliri..

Halatang malalim ang inisiip nya..

Sana nga ay nagkakamali lang ako sa naiisip kong kaya ka lang pumayag magpaligaw kay Sensui ay para magselos si Randall.. O para ipakita sa kanilang nakamove on ka na.. kahit ang totoo naman ay hindi pa..

Dahil kapag nagkataon.. matinding sakit nga ang maidudulot mo kay Sensui! Engot ka! Haaayyss

Napabuntong-hininga ako ng malakas sa naisip ko dahilan para mapatingin sya sakin.. Nagtama ang paningin namin.. Napakainosente ng mga tingin nya na para bang nagtatanong kung meron bang problema.. Agad kong iniiwas ang paningin ko sa kanya at tumingin na lang rin sa mga kamay ko..

"Teka dre.. susunduin ko lang sila Michiko.." si Tob. Tinanguan naman namin sya at saka sya umalis.

"Tutulungan ko lang si Deib.." nkangiting sabat naman ni Lee at saka tumayo at lumapit kay Sensui.

"May problema ka ba?" mahinang tanong ni Max dahilan para mapatingin ako uli sa kanya. Hindi ko sya sinagot at nanatili akong nakatingin sa kanya. **"Tinatanong kita.. may problema ka ba??"** inosenteng tanong nya pa.

"Ang ganda mo talaga e, noh??" sarkastikong tanong ko sa kanya!

"H-Huh??"

"Ang ganda mo na..nagmamaganda ka pa!"

"A-Ano bang sinasabi mo dyan??"

"Bakit? Hindi ba?!" inis kunwaring tanong ko.

"Tss.. get straight to the point.."

"Bakit mo ginawa yun?" nakangusong tanong ko sa kanya.

"Ang alin?" blangko ang emosyong tanong nya rin.

"Bakit ka pumayag magpaligaw kay Sensui?"

"Tss.." singhal lang nya.

"Hindi ba't ikaw na rin ang nagsabing ayaw mong pilitin ang sarili mo---ayaw mong madaliin dahil ayaw mong manakit ng tao.. Pero ano 'to?! Eksena lang ganon?! Maiba lang!?"

"Hindi kita maintindihan.."

"Mas hindi kita maintindihan!" inis na sabi ko sa kanya at salubong ang kilay namang tumingin ulit sya sakin.

"Ano bang nangyayari sayo??"

"Psh! Come on Max.. kanina mo lang sinabi saking hindi ka pa handa sa feelings ni Deib sayo, di ba?! Na hindi ka makapaniwala sa nararamdaman nya at hanggang ngayon ay hindi pa nanunuot sa sisitema mong may gusto nga talaga sya sayo! Oh e ano 'tong ginagawa mo? Bakit ka pumayag ngayong magpaligaw sa kanya!?"

"Tss.. Hindi ba't ikaw na rin ang may sabing wala namang masama kung *'susubukan'* ko??" salubong ang kilay at pagdidiing tanong nya!

"A-Ano?!" gulat na tanong ko! **"Alam mo?! Ang gulo mo! Sabi mo.. ayaw mong pilitin ang sarili mo.. ayaw mong magmadali.. ayaw mo syang saktan! Tapos ngayon sasabihin mo saking kaya ka pumayag dahil sinabi kong walang masama kung susubukan mo?! Lakas mo rin magpaikot e, noh!?"** inis na pamamrangka ko sa kanya!

Nakaramdam lalo ako ng inis nung hindi sya sumagot at salubong talaga ang kilay na iniiwas ang paningin nya sakin! Sa paraan nyang yun.. nakaramdam akong tama ang hinala ko!

"Umamin ka nga sakin.." dagdag ko pa at tumingin naman sya sakin. **"Ginawa mo ba yun dahil gusto mo na sya.. o gusto mo lang talagang pagselosin yung isa??"** seryosong tanong ko at unti-unti namang gumalaw ang ulo nya at mas pinagmasdan ako. Blangko ang mukha nya pero nagtatanong ang mga mata nya..

Parang pilit nyang sinasagot ang mga tanong ko sa kanya munit sadyang wala syang makuhang sagot..

"A-Ano bang sinasabi mo dyan?" parang wala ng maisip na tanong nya.

"Seryoso ako sa tanong ko Max.."

"Tss.. nonsense.."

"Nonsense?! Ikaw ang nagdesisyon nyan tapos nonsense!?"

"Look.. hindi yun tulad ng iniisip mo okay?"

"Hindi ba talaga??"

"H-Hindi.."

"E bakit kailangang makipagtitigan ka kay Randall kung ang dapat ay mas tignan mo si Sensui habang sinasabi mo sa kanya ang sagot mo!?"

"Naih.. you're over thinking.. Hindi ganon yun, okay?!"

"Psh! Anong hindi ganon?! Hindi rin ako bulag, okay?! Nababasa ko ang mga kilos mo---alam mo yan!"

"Bahala ka sa buhay mo---"

"Kung ako ang nasa sitwasyon mo kanina.. Kung talagang sincere ako sa pagpayag kong magpaligaw kay Sensui.. si Sensui ang titignan ko.. Hindi ako makikipagtitigan pa sa *'ex'* ko na para bang ipinapamukha ko pa sa kanyang pumapayag na akong magpaligaw sa ibang tao.."

"Naih.."

"Come on Max.. Kilala kita e.. At sigurado akong may kinalaman si Randall dyan sa desisyon mong yan!"

"Wala nga sabi.. wag mo ngang ipagpilitan!?"

"Kaya ko ipinagpipilitan dahil malakas ang kutob ko!"

"Na ano!?"

"Na kaya mo ginawa yun.. para ipakita kay Dein at Randall na nakamove on ka na at para pagselosin si Randall! Alam natin pareho Max kung anong nararamdaman mo.."

"W-What?!" parang hindi makapaniwalang tanong nya. **"You know what?! You're not just over thinking.. you're also over reacting! Anong nangyayari sayo?! San nanggagaling yang mga naiisip mo Naih!?"** halatang inis na ring tanong nya pero hindi ako natinag! Sigurado ako at alam kong tama ako!

"Dahil alam kong hindi ka pa nakakamove on kay Randall.. hindi man na tulad ng dati ang nararamdaman mo sa kanya, sigurado akong meron pa ring kaunti.. at alam nating pareho na hindi ka pa totally nakakamove on.. Psh.. O baka naman.. *'gagamitin'* mo lang si Sensui para makalimutan mo si Randall?!" inis na tanong ko at natigilan naman

sya. Hindi sya nakapagsalita! **"Sana nga Max ay nagkakamali lang ako.. dahil kapag nagkataon.. sinasabi ko sayo.. Mas makakapanakit ka ng tao dyan sa gagawin mo ng higit pa sa iniisip mo.."**

"Naih.. Ano ba.."

"Bilang kaibigan mo paprangkahin kita ah?! Ang lakas kasi ng kutob ko e.. Na kaya mo lang sinabi yun dahil gusto mong ipakita kay Randall na ready ka ng pumasok sa panibagong relasyon dahil moved on ka na sa kanya.. O kung hindi naman ay para pagselosin sya.."

"Manahimik ka nga---"

"Max.. Max.. Hindi porket wala akong naexperience na ganyan ay wala na akong alam.. Masyado kang obvious! Yung paraan mo ng pagtingin kina Randall at Sensui ay magkaibang magkaiba!"

Hindi sya nakasagot!

Halatang naiinis sya pero wala syang magawa dahil nahuli ko sya!

Tama ako! Tsk..

Kahit alam kong tama ako ay naiinis talaga ako!

Dahil alam kong mali!

Kahit saang anggulo ko tignan alam kong mali! Sya na rin ang nagsabing ayaw nyang saktan si Deib pero dahil sa ginagawa nya ngayon.. hindi na malabong mangyari yun! Nung kausapin ko si Sensui kanina ay kitang kita ko ang saya sa mukha nya at alam kong masaya sya sa nararamdaman nya.. At hindi porket ganun ang naging pakilala nya samin nung una sa BIS ay wala na akong pakialam kung saktan sya ng kaibigan ko..

Kilala ko si Max.. alam kong hindi nya gagawin yun.. Pero hindi natin masasabi.. dahil base sa mga napanood.. nabasa.. nakita at narinig ko.. Kapag nasaktan ang isang tao.. hindi na nila alam kung anong magagawa.. ginagawa at gagawin pa nila.. At ayaw kong mangyari kay Max yun.. Ayokong dumating sya sa puntong para mapaboran ang sarili nya.. Mananakit sya ng iba..

"Maaaring tama ka ngayon pero.." napatingin ulit ako kay Max nung bigla syang magsalita.. Hindi sya nakatingin sakin pero alam kong seryoso talaga sya.. **"..pero wag kang mag-alala.. Gagawin ko lahat para maiwasang makapanakit.. para ni isa saming lahat.. hindi masaktan.."**

"Hindi mo magagawa yun.. hindi mo mapipigilan ang nararamdaman mo lalong lalo na ng ibang tao.."

"Hindi ko naman pipigilan e.. iiwasan ko lang.."

"Ganon na rin yun e!"

Bumuntong-hininga na naman sya..

"Alam mo?!" biglang tanong ko at tumingin naman sya sakin na salubong pa ang kilay nya. **"Maiiwasan mo lang makapanakit.. kapag yang damdamin mo ang nagbago!"** sabi ko na nakaturo pa sa bandang puso nya!

"A-Anong ibig mong sabihin?" inosente pang tanong nya.

"Kapag nawala kay Randall at mapunta kay Deib ang pagmamahal na nararamdaman mo.." nakangising sagot ko at mas nagtaka naman sya. **"Kaya kung talagang ayaw mo syang saktan.. pag-aralan mo syang mahalin.."**

"Ayoko.."

"Bakit?!"

"Ayokong pag-aralan dahil ayokong matutunan.. Ang gusto ko kasi.. natural.. kusa.. walang dahilan.. " nakangisi pang sagot nya.

"T-Talaga??" nakangiting tanong ko at tumango naman sya.. Pakiramdam ko ay nakahinga ako bigla ng maluwag dahilan para sulyapan ko si Sensui'ng kausap si Lee at parehong naghihintay maluto ang food na in-order nila.. **"Malayo ang personality nila ni Randall.. pero naniniwala ako sa sinabi mong hindi sya mahirap gustohin.. yiiieeee!"**

"Tss.."

"Pero kinilig ka kanina?"

"Saan?"

"Sa ginawa nya.."

"Hindi naman.."

"Ano nga bang ginawa nya??"

"Kumanta.."

"Yiiieee! Talaga!? Nang ano!?"

"Hindi ko alam ang title.."

"Psh! Nakakainis ka naman e!"

"Tss.."

"Wala ka ba talagang pakialam sa kanya ah?!"

"Pwede ba?! Tigilan mo nga yang pag-iisip ng kung anu-ano!? Ang O.A. mo e! Kanina ka pa ah! Hindi ko lang alam yung title---wala na akong pakelam dun sa tao?! Ano ba namang klaseng pag-iisip yan?!"

Napailing ako at napatingin sa kanya.

"E-Eh kasi naman noh.. parang wala kang pakelam kay Sensui.."

"Tss.. kung wala akong pekelam don sa tingin mo hahanapin ko yun?!"

Napanganga ako sa sinabi nya! Hindi dahil sa hindi ko inaasahang hahanapin nya si Sensui! kundi dahil nawala sa isip kong bago nga pala sya haranahin ni Sensui at ang tagal nya rin nawala dahil hinanap nya sya!

"Alam mo ba kung san san ako nakarating?? Nakakatawa lang na ako yung kaibigan mo pero yung effort nung bugok na yun ang nakikita mo.. Tss.." halatang inis na sabi nya at..

"Kyaaaaaaaa! Hahahahaha oo nga ano!? Nawala sa isip ko! Hinanap mo nga pala sya!"

"O sige.. isigaw mo pa!"

"Bwahahahahaha! Oo nga! Sheet nawala sa isip ko hahaha.. Bakit mo nga pala ginawa yun ha?!" nakangiwi ang pisnging tanong ko. **"Nag-aalala ka noh?!"**

"Tss.. naguilty lang ako dahil baka may nasabi akong hindi maganda sa pandinig nya.."

"Edi nag-alala ka nga!"

"Siguro.. Kung ganon ang dating sayo.."

"Yiiieee hahahahahaha.. O sige.. binabawi ko na yung mga eksena ko kanina! Hahahaha nagkamali ako! Nalimutan ko yung eksena mong alis alisan at hanap hanapan sa Sensui.. Yiiieeee!" nanunuksong sabi ko pa sa kanya at natahimik naman lalo sya.

Nanahimik na rin ako dahil paparating na sina Lee at Sensui. Tinawagan ko narin muna si Maxrill bago tuluyang kumain para makasabay na sya samin.

MAXWELL'S POV

"Doc.."

Nilingon ko ang pinanggalingan ng boses na yun..

"Oh.. Doc Edda?" sagot ko sa kasama kong doktora.

"Galing ako sa loob.. Hinahanap ka ng Lolo mo.." sagot nya at napaisip naman ako.

Bakit naman kaya?

"Nasa Dean's Office sya.." dagdag nya pa.

"Mmm.. sige.. Salamat.." nakangiting sagot ko at saka inayos ang mga charts na hawak ko. **"Stable na yung nasa bed 9, pwede ng pauuwiin.."**

"Dapat kasi ay sa Out-Patient Department na lang dinala yan e.. Loko talaga yun si Doc Sherwin.." nakangusong sagot nya pa at nginitian

ko naman sya.

"Hayaan mo na.. hindi naman toxic e.. Mauna na muna ako sa loob..."

"Sige Doc.."

"Kumain ka na Doc Edda.."

"Sige Doc.. ikaw rin.."

"Mmm.."

Yun lang at lumabas na ako ng E.R.

Dumeretso ako sa papasok ng SIS..

Munit hindi pa man ako tuluyang nakakapasok ay natanaw ko na sina Randall at Dein naglalakad papalabas naman ng SIS.

"Oh.. Its you again.." nakangising bungad sakin ni Randall nung tuluyan kaming magkaharap.

Sinulyapan ko naman muna si Dein bago tuluyang harapan si Randall.

"We meet again.." sagot ko.

"Mmm.. mukhang napapadalas talaga ang punta mo dito sa SIS Campus ah? Namimiss mo na ba??"

"Mmm.. ganon ba ang dating sayo?" nakangisi ring tanong ko at nagkibit-balikat naman sya.

"Sayang naman at ngayon ka lang.." biglang sabat ni Dein dahilan para harapin ko naman sya. Bahagya pa syang nakangiti sakin munit sarkastiko ang dating nya. **"Hindi mo tuloy naabutan kung anong nangyari sa loob.. You have no idea how cute my brother did to your sister."**

"Oh?? Interesting.."

"Alam mo ba kung anong meron ang kapatid ko at kapatid mo??"

"Mmm.. what do you mean??" maang-maangang tanong ko.

"Nagpropose lang naman ang brother ko sa sister mo.." mayabang na sagot nya.

"Ahh.."

"And you don't care?!?" tanong nya pa.

"Says who??"

"Huh??"

"Who says that I don't care??"

"No one.. but you're acting like you don't care.."

"Hahahahaha.. ganon ba ang dating sayo? Mmm.. hindi naman.." nakangiti pa ring sagot ko.

"Psh! Nonsense!"

"Mmm.. ang totoo kasi.. ako ang nagturo sa kapatid mo kung anong bulaklak ang magugustohan ng kapatid ko.." nakangising sagot ko sa sarkastikong tanong nya. **"Yeah.. Alam ko kung anong meron sila.. pero ikaw? Anong meron sayo??"** Muling tanong ko at natigilan sya at parang napapahiyang tumingin sakin. **"Hindi ko alam kung panong naging *'cute'* sila sa paningin mo.."** sarkastikong dagdag ko pa at saka bumaling kay Randall. **"How was it?? Sobrang *'cute'* ba??"**

Hindi ako sinagot ni Randall at bahagyang umubo pa sya..

"Napanood mo ba?" nang-aasar na tanong ko pa kay Randall at tinignan nya naman ako ng kakaiba bago ngumisi.

"Hindi naman lahat.. tapos na nung dumating kami e.." pormal na sagot ni Randall.

"Sayang.."

"W-What do you mean?" pigil ang inis na tanong nya.

"Nevermind.." nakangising sagot ko at saka umastang maglalakad na. **"See you around.."** dagdag ko pa at saka tuluyang iniwan sila.

Tsh..

Mabilis kong tinahak ang daan papunta sa Dean's Office at sandali lang ay nandoon na ako.

Sumilip muna ako sa glass door bago tuluyang pumasok.

Tumango ako kay Lolo nung makita ko syang nakaupo..

"Sitdown.." sambit pa ni Lolo at naupo naman ako. **"Are you on duty?"**

"Mmm.. pero lunch break ko.."

"Early lunch?"

"Mmm.. habang walang pasyente at may kapalitan ako.. Is there something we need to talk about??" deretsong tanong ko.

"How's your studies??"

Parang nawala ng excitement ko. Akala ko ay may sasabihin syang importante kaya pinapunta nya ako dito. Umupo ako ng maayos at saka humarap sa kanya at nagsalita.

"Okay naman Lo.. Walang bago.. nakakapagod.. kulang sa tulog.. masakit sa ulo.. Paulit-ulit.. Toxic.."

"That's Medicine.."

"I know.. but what's important with me is that.. I'm enjoyin what I'm doing.."

"That's good.. That's good.. I'm happy to hear that.."

"But you're already aware of that.." deretso na namang sagot ko. **"You're aware of everything that I do.. so I'm wondering.. you called me to ask that??"** natatawa kunwaring tanong ko.

Ganito kami mag-usap ni Chairman Moon. Deretso at prangka. Walang pasikot sikot dahil pareho kaming gahol parati sa oras. Hindi kami magkasundo pero hindi rin naman malayo ang loob namin sa isa't isa. May mga ayaw ako sa kanya at ganon rin naman sya sakin. Gayunpaman, lamang ang maturity kaya hindi big deal lahat ng hindi mapagkasunduan.

"Nah.. I wanna know more about your sister.."

"Maxpein?"

"Who else?"

"What about her?"

"Hindi mo ba sya mapilit umuwi?" tanong nya at nagtaka naman ako. **"Pinuntahan ko ang bahay nya at masyado yung..."** bumuntong-hininga pa sya. **"..hindi ideal ang lugar para sa isang batang babae'ng tulad nya.."**

"Are you worried?"

"Have you been there already?"

"Mmm.. more than thrice I guess.."

"Bukod sa kaibigan nyang babae ay may dalawang bakla pa silang kasama.. Nag-aaral sya sa umaga at nagtratrabaho sa gabi.. Ang dinig ko ay ginagawa nya yon to pay her tuition fee.. I already paid it and I see no more reasons for her to continue living like that.. What do you think?"

"Why ask me? I'm her brother.. not her parent.."

"Tsk.. stop acting like you're not worried Maxwell.."

"Look Lolo.. she's old enough.."

"18 years old?? Maybe legal.. but never old enough.."

"Tsh.. I see no problem with that.. as long as she can decide on her own and handle herself, let's not worry about her.."

"You think so?"

Hindi ako nakasagot at napaisip naman ako.

"Babae ang kapatid mo at hindi ako tiwala sa tinutuluyan nya.. Babae at mga bakla ang kasama nya.. Kung loobin sila don.. who will protect her?" seryosong tanong nya at natawa naman ako.

"Hahahahaha.. Why are you worrying this much? That's Maxpein for heaven's sake Lolo.." biro ko at bumuntong-hininga naman sya.

"Gusto ko lang makabawi sa mga araw na wala sya.."

"Then why didn't you ask her to come instead of calling me??" natatawang tanong ko pa. Hindi nya ako sinagot at bumuntong-hininga pa sya. **"You still don't wanna show your care for her, huh? You don't want her to know that you care.. Ayaw nyo pa rin bang ipakita sa kanyang talagang nag-aalala kayo sa kanya? Come on Lolo.. That's Maxpein.. she may look like she never cared.. pero sa loob loob non, tumatatak sa puso't isip nya ang words and actions nyo.. Funny.. Lolo, you're acting like you know nothing about my sister.."** biro ko pa.

"Tsk.. What should I do?? We've been far away from each other for too long.. It feels like I haven't seen her since birth.. Like I know nothing about her.. You know what happened between us.."

"Hahahahahah.. What are you saying Lolo? Look.. kung may galit man si Maxpein na dinadala hanggang ngayon.. You don't have to worry dahil hindi sayo yun.. We know her.. hindi sya nagagalit basta basta.. At kahit anong gawin nyo sa kanya hindi nyo sya magagalit ng ganon ganon lang.."

"I know.. Pero hindi ko pa rin maaalis sa sarili ko ang ginawa kong pagpapaalis sa kanya.."

"Si Mommy ang nagpaalis sa kanya Lolo.. alam nating lahat yon.."

"Galit pa rin ba sya sa Mommy mo??" biglang tanong nya at natahimik naman ako. Umayos muli ako sa pagkakaupo at tumingin ng seryoso sa kanya.

"Mukhang hindi na mawawala yon Lo.."

"You think so?"

"Mmm.."

Bumuntong-hininga na naman si Lolo at ngayon.. mas malalim na ang buntong-hiningang yon.

"I wanna talk to her.."

"Kay Maxpein?"

"Mmm.."

"Do you want me to call her?" tanong ko habang nakatingin sa cellphone ko at nilalaro yun.

"Can you do that for me?"

"Of course.."

"Without telling your Mom.."

Napahinto ako sa ginagawa ko at napatingin ulit ako kay Lolo.

He does not want me to tell my Mom?? This is new.. Why?

"Would you mind if I ask why?" seryosong tanong ko.

"I want Maxpein to take care of our villa.."

"S-Seriously??" gulat na tanong ko.

"Mmm.."

"Which villa??"

"Pamalican.."

"P-Pero Lo.. k-kay Lola yon.."

"I know.." sagot nya na muli pang bumuntong-hininga. **"And she wants me to do this for her.."**

"W-What do you mean? Why would she take care of it? I mean, Mom can take care of it right? Sa tingin ko nga ay mas maganda pa kung si Mom ang mag-aasikaso ng Villa na yon dahil kung si Pein ang aasikaso.. Lolo.. she's a working student remember??"

PAMALICAN.. Isang Island sa Palawan yon na pag-aari ng Lola namin..

Marami'ng villa's doon ang pag-aari ni Lola at bukod don ay may Resort and Hotel rin sya..

Kaya naman ganon na lang ang gulat ko sa mga sinasabi ni Lolo.

Hindi naman sa kinukwestyon ko ang desisyon nila.. hindi lang talaga ako makapaniwalang..

Mabait pa rin talaga sila kay Maxpein..

Nakaramdam ako ng tuwa dahil sa naisip ko.. Mas kalmado na ako ngayon dahil sa nalaman ko..

CHECK OUT THE MULTIMEDIA

"What should we do? Only Pein can take care of it.."

"H-Huh?? W-Why?!"

"Because your gradmother wants Maxpein to have it.."

"The Pamalican Villa?!" gulat na tanong ko at tumango naman sya!

"Don't you want her to have it?"

"No.. its not that.. Nakakagulat lang hahaha.. Bakit ngayon lang? Bakit ngayon nyo lang naisipang ibigay sa kanya??"

"You know her past.. wala syang ginawa kung hindi ang magfocus sa present nya at walang pakialam sa future nya.. To be honest ay wala pa akong tiwala sa isip nya nung mga oras na yon.."

"And what made you change your mind?"

"Because I can see that she's more mature now.. responsible and---"

"How can you be so sure?" natatawang tanong ko.

Sa pagkakakilala ko sa kapatid ko, hindi sya yung tipo ng tao na may pakialam sa paligid nya. May tiwala ako sa kanya munit hindi ako tiwala sa kakayanan nyang magpaikot ng business. Sinong gaganahan magtanong sa isang walang reaksyong tulad nya kung halimbawang sya ang nasa lobby ng hotels?

Hahahahahahaha! At paano sya makakaengganyo ng mga bakasyonista na magstay sa hotels or villa nya?? Baka nga kapag namahalan sa presyo ng mga yun ay palayasin nya.. Very funny hahahahaha!

"Why?"

"Hahahahaha.. Ikaw na rin ang nagsabi Lolo.. her age may be legal but never old enough.."

"Yon lang ang maipapamana natin sa kanya.."

"Ahh yeah.. nevermind.. I'm happy though.."

"With what?"

"That finally.. she's gaining your trust again.."

"She never lost it.." nakangiting sagot ni Lolo at nginitian ko naman sya.

"Thanks Lo.."

"For what?"

"For accepting my sister for what and who she is.."

"Then you should thank yourself more.."

"Hahahaha.. why?"

"Because you accepted her in everything that she's not and loved her for what she is.. You're her hero.." nakangiting sagot sakin ni LOlo.

"Tsh! If you only knew.."

"Hahahahaha! What?"

"Hindi man lang ako iginagalang nun!" nakangusong sabi ko at natawa naman muli si Lolo.

"Ahh yeah.. now, that is Maxpein.. Impolite and silent.. Hahahahahaha!"

"Exactly Lolo.. Hahahaha!"

At nagtawanan kami.

Matapos non ay mabilis akong tumayo at nagpaalam sa kanya. Susunduin ko si Maxpein para makausap si Lolo.

Ang totoo ay masaya talaga ako sa naging usapan namin ni Lolo.

Yan ang totoo'ng sya..

Nagbabago lang talaga kapag nasa tabi nya si Mommy.

Nung makita kong walang naglalaro sa Gym ay dumeretso ako sa Canteen. 12noon na at paniguarong naglalunch na sila.

Sa Entrance pa lang nung Canteen ay dinig ko na ang boses ni Zarnaih kaya naman hindi na ako nahirapang hanapin sila.

"Kyaaaaaaaaa!"

"Waaaaaaaaa!"

"Oh myyyyy!!!"

"Yaaaaaaa!"

"Yiiiiiiie!"

Napalingon ako sa mga sumigaw na yun at lahat sila ay mga nakatingin sakin!

Bakit?!

"Ang gwapoooo moooo Kuya Maxwelll!!!!"

"I love youuu Kuya!!!"

"We miss youuuu Kuya!!!"

"Sana dito ka na lang ulit Kuya!!!"

"OMG! Who's that guy??"

"I don't know.. Ang gwapo nya super.."

"Gretchen tigan moooo! Ang gwapo nun oh!"

"Oo Celine! Dinig ko ay Maxwell ang pangalan!"

"OMG!!! Ang hoooot nya!"

"Randyyy look at that hunk! Bet na bet!"

"Ano ka ba Jolo.. yung mga ganyang itsura ay pang-TAKEN na.."

"Who cares! Ang gwapo nya pa rin hahahaha!"

Ako?! Mukha ba akong taken!?

Hindi ko na pinakinggan ang sigawan nila at mabilis akong lumapit kila Pein.

"Pein.." nakangiting tawag ko sa kanya at nilingon nya naman ako.

"O-Oh.." sagot nya naman sakin na halatang nagulat pa.

"Oh.. Hyung!" si Maxrill, nginitian ko naman sya.

"Hiiiiii Maxwell!!!" si Zarnaih.

"Hi Naih.." bati ko sa kanya.

"Naglunch ka na?" tanong ni Pein kaya bumaling ulit ako sa kanya.

"Hindi pa.."

"Sumabay ka na samin.."

"Sure.." nakangiting sagot ko at saka ako nakangiting tumingin sa mga kasama pa nila..

Si *Deib Enrile* at yung mga friends nya..

Muntik pa akong matawa nung makita kong biglang nailang tumingin si Enrile sakin..

Tsh.. fool..

"Ahh.. Kapatid ko nga pala.. Si Maxwell.." pakilala ni Pein sakin sa mga kaibigan ni Enrile. **"Sina Lee at Tob.. Bestfriends ni Deib.."**

"I see.. Hello.."

"Hello.." sagot naman nila.

"Would you mind if I join you??"

"No.. come and Join us.." si Lee.

"Thanks.." nakangiting sagot ko at naupo sa tabi ni Enrile.

"We meet again.." nakangiting sabi ko sa kanya at naging balisa naman sya.

"Y-Yeah hahahahaha... h-hehehe.. haaayss.." si Deib.

"Is there a problem?"

"H-Ha?? N-No.. No.."

"Would you mind if I join you.... again??"

"A-Ahh.. N-No.. It's okay.. It's okay.. Here.. this one is good.." naiilang na sabi nya pa habang inaabot sakin ang bread at pasta..

"Thanks.." pigil ang tawang sagot ko sa kanya at saka muling bumaling kay Maxrill. **"Why are you here?"**

"I've nowhere to go, Hyung.." si Maxrill.

"Why?"

"Mom left with Mokz.."

"I see.." sagot ko at saka bumaling kay Pein. **"Wala ka bang laro?"**

"Tapos na.. kaninang umaga pa.."

"Edi isama mo muna sayo si Maxrill.. may duty ako e.."

"Mmm.. okay lang.." sagot nya at nginitian ko naman sya.

"Lolo wants to talk to you.." seryosong sagot ko pa habang iniikot ikot ang fork ko sa pasta ko.

"Si Mokz?"

"Ani.. hwejang-nim.." sagot ko at natigilan naman sya.

"Naega wae?"

Translation: Why me?

"Chungyohada.."

Translation: It's important..

"Jigeum?"

Translation: Now?

"Najunge.." sagot ko at tumango naman sya.

Translation: Later..

"Can I come?" nakangusong tanong ni Maxrill at nginitian ko naman sya. Saka ako muling bumaling kay Enrile. **"How was it?"**

"H-Ha??" takang tanong nya at tinignan ko naman sya na parang nagsasabi ng sagot sa tanong nya. **"A-Ahh.. that.. hahahahaha.. O-Okay naman.."**

"Good.." nakangiting sagot ko at saka kami nagtuloy sa pagkain..

Ang totoo ay gusto ko pa syang tanongin munit bakas ang pagtataka sa mga mukha nang mga kasama namin kaya naman hindi ko na sya kinulit pa.

Nakakatawa'ng tignan si Enrile habang panay ang sulyap kay Pein na parang wala namang pakialam sa kanya..

Tsk tsk tsk.. this is interesting..

Hindi ko maintindihan kung matatawa ako o matutuwa sa itsura nila.

Mabilis naming tinapos ang pagkain namin at maya maya lang ay papunta na kami sa Dean's Office ng SIS kung saan nandon si Chairman Moon.

"S-Saan ang punta mo??" parang nahihiya pang tanong ni Deib kay Pein.

"A-Ahh.. may kakausapin lang---"

"Sino?!"

Seloso?

"Kailangan ba talagang alam mo?"

"S-Syempre naman!"

"Lolo ko.."

"A-Ahh.. Samahan na kita.."

Hahahahahahahahahahaha! Sige ganyan nga Enrile.. wag mong lubayan..

"Hindi na.." tanggi ni Pein sa alok nya.

"Sige na sasamahan na kita.. w-wala rin naman akong gagawin e.."

"Manood kang basketball---"

"Ayoko nga.."

"Edi manood ka ng ibang sports.."

"Mas gusto kitang kasama e.."

Hahahahahahahahahaha! Unbelievably nice.. Tsk tsk tsk.. Nice..

Aaminin kong natutuwa akong tignan silang dalawa dahil makikita mo sa kanila ang dalawang taong nagsisimulang magkagustuhan kahit na alam ko namang malaki ang tyansang wala pang nararamdaman si Maxpein kay Deib.. Nararamdaman kong hindi malabo'ng magustohan nya sya.. lalo na kung ganyan ang gagawin nya..

Magkaiba ang paraan nila Deib at Randall.. kaya naman nakakatuwa'ng tignan para sakin dahil bago sa paningin ko.

Paano kayang kakayanin ng isang Maxpein ang isang makulit na Deib Enrile? Hmmm.. We'll see..

"Uuuuuuuuuuuuuuuyyyyyyyyyyyyyyyyyyy!" tukso nung mga kasama nila kaya naman blangkong tumingin na lang si Maxpein sa kanila at nagpaumuna ng maglakad. Agad naman akong sumunod sa kanila at sa paglalakad naming yun ay agad na tumabi sakin si Zarnaih.

"Saan ang punta non??" si Naih.

"Kakausapin si Lolo." sagot ko.

"Ahh talaga? Alam mo ba kung tungkol saan??" nag-aalalang tanong nya.

"You don't have to worry.." nakangiting sagot ko naman at natahimik sya at nagpaumuna na ring maglakad.

Maya maya lang rin ay nakarating na kami sa harap ng Dean's Office.

Sabay sabay naming pinanood si Maxpein papasok ng Office.

"Dito tayo.." tawag ko kay Deib na nananatiling nakatayo sa harap ng glass door nung Office. **"Baka makita ka dyan ni Lolo, ano pang isipin non.."**

"A-Ahh sige sige.."

Nginitian ko lang sya at saka pasimpleng nilingon ang mga kasama nyang naupo muna sa may bench doon at nagkwentuhan.. Pinagmasdan ko sila isa-isa at saka ako natapos kay Maxrill na parang walang interes sa pinag-uusapan nila.

"Nagustohan nya ba ang bulaklak mo??" biglang tanong ko at saka ko pa lang sya nilingon.

"H-Ha??" gulat na tanong nya at bahagya naman akong natawa.

"Yung bulaklak mo kako.. nagustohan ba nya??"

"A-Ahh.. that.. hahahahahaha.." halatang pilit ang tawa nya. **"A-Ang totoo h-hindi ko alam kung nagustohan nya.."**

What!?

"W-Why??" kunwaring natatawa pang tanong ko.

"Tch! Wala man lang kasing sinabi!" nakanguso pang sabi nya.

"Hahahahah.." natawa ako at saka bumuntong-hininga. **"Baka masyado lang syang nagulat sa ginawa mo kaya hindi nya alam ang sasabihin nya.."**

"H-Ha?? Pwede ba yun?"

"Oo naman.. Hindi nya inaasahan yung ginawa mo e.. kaya baka speechless sya.. hahahahahahaha!"

"I knew it.. Hahahahaha!"

"Edi.. tanongin mo mamaya?"

"A-Ahh hahahaha.. oo sige.. P-Pero pwede bang magtanong?"

"Mmm.. go ahead.."

"B-Bakit mo ko tinutulungan??"

"Mmm.. Bakit nga ba??" kunwaring tanong ko pa sa sarili. **"Ang totoo.. wala akong ibang intensyon.. kung hindi ishare lang kung ano yung nalalaman ko.. Since naishare ko sayo yung tungkol sa bulaklak.. hindi naman siguro masama'ng kumustahin ko kung nagustohan nya ba yung bulaklak na isinuggest ko??"**

"A-Ahh hahahahaha.. a-akala ko kais kung ano na e heheheheehe.."

Nagngitian lang kami at hindi na ulit nagkibuan.

MAX'S POV

"Sitdown.." si Chairman Moon. Pagkapasok ko pa lang sa loob ng Dean's Office ay nakaupo na sya doon at mukhang naghihintay talaga sa akin. Tumango ako sa kanya at saka naupo. **"How's your game??"**

"Okay naman ho.."

"Doing good??"

"Mmm.. I think so.."

"Good.. you need that.." bahagyang nakangiting dagdag nya pa.

"Sabi ni Maxwell.. gusto nyo raw akong makausap??" pandederetso ko sa kanya.

"Yeah.. I want you to do me a favor.."

"A favor?"

"Mmm.. a favor.."

"W-What favor??" kabadong tanong ko.

"I want you to visit Pamalican.."

"Eh?!"

"Yes.."

"At this time of the year??"

"Yes.."

"P-Pero---"

"Gusto kong tignan mo kung ano na ang nangyayari sa business ng Lola mo doon.. kung ano na ang takbo ng mga Villas, Resort at nung Hotel.. Ahh yeah.. and one more thing.. Kailangan ko ang sukat nong kabuuan ng lupaing yon.."

"What?!" gulat na talagang tanong ko!

"Yes.."

"Ha! At anong alam ko dyan!?" inis na tanong ko.

"Nothing.. you know nothing.. that's why I'm asking you a favor to know everything!" mataas ang tonong sigaw nya sakin! Napailing naman agad ako! **"Can't you be *'more'* respectful?!"**

"M-Miyanhamnida H-Hwejang-nim.." pagpapaumanhin ko pero ipinapakita ko pa rin sa kanya ang pagkainis ko! **"Hajiman.. naega waeyo!?"**

Translation: Sorry Chairman.. But.. why me!?

"Because I said so.."

'Anong klaseng trip yan?!'

"H-Hwejang-nim.."

"You will stay there for two days and a night.. Mabilis lang yon at magiging busy ka naman sa buong araw mo---"

"Pero alam nyo namang naglalaro ako at sportsfest namin ngayon!?" pagpupumilit ko!

"Wala kayong pasok this weekend at ngayong weekend naman yon! Anong problema doon?!"

Badtrip! Malamang! Mapapagod ako!

"Mapapagod ho ako! Kaya------"

"Enough!" malakas na sigaw nya dahilan para matahimik ako! **"Ngayon lang kita pakikiusapan bakit ba hindi ka mapakiusapan Maxpein!"**

"Dahil wala naman ho akong alam dyan sa pakiusap nyo.." pilit pinapakalma ang sariling sagot ko.

"Simple'ng bagay lang yan---hindi mo ba magagawan ng paraan yan?! Kukumustahin mo lang ang business natin doon! Magtatanong ka lang sa mga tao natin na nandoon! Magset ka ng meeting! Then

susukatin mo lang ang kabuuan ng lupain at pagkatapos ay gagawan mo ng report! Simple'ng pagsusukat lang---hindi mo pa alam?! Paano kang nakarating ng high school ng hindi marunong magsukat!"

"Pero.. iba naman ho 'tong inuutos nyo.. Panong naging madali para sa inyong iutos sakin ang ganito? E ni hindi nga yata ako kilala nung mga tauhan nyo don ah?? Tapos ako pa ang magpapatawag ng meeting?!" malumanay na sabi ko pa kahit inis na inis na talaga ako. **"At isa pa.. ang inuutos nyong sukatin ko ay mahigit isang libong ektarya'ng lupain---tapos susukatin ko sa loob ng dalawang araw?! Anong akala nyo sakin?! Nakakalipad?!"**

"Maxpein!"

Hindi na ako sumagot..

"Hindi tape measure ang gagamitin mo at hindi ka mag-isa sa lakad mo! Ganyan na lang ba ang maitutulong mo sa pamilya'ng 'to!?"

"Hwejang-nim---"

"Hindi mo kailangang makalipad para masunod ang gusto ko dahil kung mag-iisip ka ay magagawan mo ng paraan yan!" sigaw nya pa at natahimik naman ako! **"Minsan lang kitang hihingan ng pabor at tinatanggihan mo na agad ako.. nang hindi mo pa nakikita kung anong kakayahan ang meron ka sa ganoong linya!?"** mas natahimik pa ako. **"Huwag kang mag-alala dahil bukod sa iyo ay may mga tao'ng aalalay sayo doon.. At oo, hindi mo kinakailangang mag-alala pa dahil kilalang kilala ka nila.."**

"P-Pero pano ho'ng nangyari yon?" takang tanong ko.

"Hindi na mahalaga yon dahil sinasabi ko sa iyo ngayong kilala ka nila doon.. Hindi ka man madalas doon ay kilala ka ng mga tauhan nating namamahala doon.. At isa pa.. maaari bang huwag kang umasta na parang nakikipagbiruan lamang ako sa iyo?! Mukha ba akong manloloko?!"

"H-Hindi ho.."

"Then trust my words!"

"Y-Yes H-Hwejang-nim.."

"Kapag nagawa mo yan ay bumalik ka agad sa akin at magreport ka.."

d>>_<<b

'Badtrip.. So wala na talaga akong choice?!'

"P-Pero---"

"Wala ng pero---pero Maxpein! Obligado kang sumunod sa akin! Dahil bukod sa iyo ay wala na akong pagkakatiwalaang iba para gawin lahat yan!"

Hindi ako nakasagot at napatingin ako sa kanya!

Agad namang iniiwas ni Chairman Moon ang paningin nya sa akin!

Saglit pa akong natahimik at nag-isip..

Sumeryoso ako at nakita nya naman yon.

"I hope you won't mind if I ask.. Why me??" seryosong tanong ko.

"This is not the right time for you to know.."

"But I wanna know now.. why me??"

"Why not?"

"Tss.. alam naman nating lahat kung ano ako sa pamilya nyo hindi ba?"

"Sapat na bang dahilan iyon kung ganoon??"

"P-Pero hindi ko pa rin maintindihan.." sagot ko.

"Hindi mo kailangang intindihin.. ang kailangan mo lamang gawin ay ang sundin ako.."

"Pero.."

"Please.."

Mas hindi ako nakasagot sa sinabing yun ni Chairman!

Tumingin sya ng deretso sa mga mata ko at kitang kita ko doon ang pagiging totoo nya.

"Your grandmother wants me to do this so please.. just cooperate?"

"H-Hwejang-nim.."

"Ayos na ang ticket mo at ipapadala ko na mamaya sa bahay nyo.."

Wala man lang ba akong kasama!?

"Isasama mo sina Maxwell at Maxrill sa iyo.."

"T-Talaga?"

"Mmm.. at pwede mong isama ang isa pa sa mga kaibigan mo kung gusto mo.. Apat namang ticket ang nakuha ko.. Wala na kayong dapat alalahanin sa gastos dahil nandoroon na lahat yon.. Alam na ng lahat doon na darating kayo at alam na nila ang dapat na gawin sa inyo.. Magsama ka na lang ng kaibigan mo para may makasama ka sa kwarto.. Hiwalay kayo ng kwarto nila Maxrill at Maxwell.."

Sino?!

Bobo! Bakit kailangan mo pang mag-isip kung sino?! Si Naih malamang!

"S-Sige ho.." sagot ko.

"If there's no more else you want to ask then.. you can go.."

"Y-Yes.."

"Thank you.."

Muli akong napating kay Chairman at nung ngitian nya ako ay saka ako tumango sa kanya.

"A-Alis na ho ako.."

"Sige.. mag-iingat ka.."

"Kayo rin.."

"Mmm.."

Matapos nun ay lumabas na ako!!!!

Gulat akong makita agad si Sensui.

"Ano? Pinagalitan ka ba? Okay ka lang ba??" mahinang tanong nya at nagulat naman ako.

"H-Hindi.." mahina ring sagot ko.

"A-Ahh.. akala ko.."

"Hindi.. Okay lang ako.."

"Mabuti naman.."

Tuminigin ako kay Maxwell at tumingin rin sya sakin saka ngumiti.

Tss.. alam nya na siguro..

"Mauuna na ako sa inyo at nakaduty ako.." biglang sabi ni Maxwell. Ginulo nya muna ang buhok ni Maxrill at saka sya kinusap. **"Stay with Noona, arasseo??"**

"Ye.."

"See you later.."

"Ye.."

"Mauna na ako.." paalam pa ulit ni Maxwell at tinanguan ko naman sya. Kumaway lang sya sa iba pa at saka umalis na. Pinanood ko muna syang umalis at saka bumaling ulit kay Sensui.

"Anong gusto mong gawin natin??" biglang tanong naman nya.

"A-Anong gagawin natin!?" takang tanong ko.

"Ikaw.. pwede mo kong solohin.. pwede rin namang hindi.. Ikaw ang bahala.." nakangising sagot nya.

"Tss.. Wag ka masyadong dumikit sakin at mabilis akong magsawa.."

"Hahahahaha.. Halika na.. manood na lang tayo ng basket.."

"Sige.."

At pumunta na nga lang kami sa court at nanood ng basket..

Mabilis na tumakbo ang oras at naglaro na rin sila..

Tulad ng inaasahan ay panalo na naman sila..

Hindi ko maintindihan ang masaya munit may kakaibang nararamdaman ko..

Masaya na ewan..

Kumpleto na kulang..

Magulo pero okay naman..

Nakakalito at hindi ko maintindihan pero kaya ko namang sabayan..

Uwian na at kasunod ko pa rin si Sensui habang kasama ko sina Naih at Maxrill at kasabay nya naman ang mga kaibigan nya..

Naglalakad na kami papuntang Parking Lot nung biglang..

"K-Kim.." naiusal ni Naih. Napatingin naman ako sa harapan namin kung saan kami dadaan..

Hindi sya nakatingin sakin.. Hindi rin naman kay Naih..

Lumingon ako sa likuran ko at nakita ko sila ni Sensui'ng nakatingin sa isa't isa..

Naglakad si Kim papalapit samin munit dinaanan nya lang kami..

"D-Deib.." si Kim.

"Why??" malumanay na tanong ni Sensui sa kanya.

"I miss you.."

"W-What??"

"I said I miss you.." sagot ni Kim at napabuntong-hininga naman si Sensui sa kanya at saka tumingin sakin..

Bakit ako!?

"K-Kim---"

"Look.. I'm sorry what happened between us okay!? I'm sorry.. so please come back to me---"

"Kim.."

"Deib.. please.. I'm begging you.."

"Pero Kim---"

"Kim.." biglang singit ni Lee. **"Why are you doing this?"**

"Lee.."

"I'll take you home.." sagot ni Lee na hinawakan pa si Kim sa braso pero nagpumilit 'to.

"I wanna stay with Deib.."

"Kim please.." si Lee. "Don't do this.. stop doing this.."

"Doing what!? Do you have any idea what I'm doing!?" galit na tanong ni Kim kay Lee! **"You have no idea what I'm doing! Linulunok ko ang pride ko para kay Deib so please! Get out of the way and shut up!"**

"But nobody wants you to do that.."

Gulat akong napatigin kay Lee at bakas sa mukha nya ang galit at pag-aalala..

"Kim.. pinsan kita at kaibigan ko si Deib.. Wala akong kinakampihan sa inyong dalawa pero please.. accept the fact na niloko mo sya at eto na sya ngayon.. Masaya sya sa kung anong meron sya kaya please lang tumigil ka na kasi mahihirapan ka lang---"

"Ano bang alam mo!?" biglang galit na tanong ni Kim kay Lee! **"Wala kang alam sa nararamdaman ko!"**

"Yung nararamdaman ni Deib.. alam mo ba!?"

"What!?"

"Eto na ngayon ang tao'ng linoko at sinayang mo.." mahinang sagot ni Lee sa kanya na itinuro pa ang kabuuan ni Sensuo**. "Masaya na sya kaya kung pwede lang tumigil ka na.. Please lang.. Ayoko ng mapahiya ka pa kaya.. sige na.. Ihahatid na kita pauwi.."** muling hinawakan sya ni Lee sa braso at naglakad papaalis pero nagpumilit pa rin si Kim.

"Bakit ka ba ganyan! Bakit ka ba ganito! Bakit mo sila kinakampihan!"

"Kim wala akong kinakampihan! Ikaw ang dapat kong tanongin ng ganyan---bakit mo pa ginagawa 'to!?"

"Mahal ko sya, okay!? Mahal ko si Deib at hindi ko kayang mawala sya kaya kung pwede lang ako na ang nagmamakaawa sayo---wag kang makialam!"

"Kim.."

"Lee.. h-hindi ko kailangan ang pag-aalala mo ngayon e.. Si Deib ang kailangan ko at hindi ang awa mo.. Please.." parang iiyak ng sambit ni Kim. **"Wala akong pakialam kung mapahiya ako ngayon dahil mahal ko si Deib.. kung ito lang ang paraan para bumalik sya sakin gagawin ko.."**

"Pero wala ka ng magagawa.." halatang naaawang sagot ni Lee sa kanya. **"Wala ka ng magagawa dahil ikaw ang unang nanloko---"**

"Lee.." biglang usal ni Sensui dahilan para mapatingin kaming lahat sa kanya. **"A-Ako na ang maghahatid sa kanya.."**

"W-What?" mahinang tanong pa ni Lee kay Sensui.

"A-Ako nang maghahatid sa kanya.." mahinang sagot pa ulit ni Sensui sa kanya.

"Deib.." nakangiti munit umiiyak na sambit ni Kim sa pangalan nya.

"Ako na ang maghahatid sayo.. w-wag ka ng umiyak.." malumanay na sagot ni Sensui sa mismong mukha ni Kim na pinahiran pa ang mga luha sa mukha nya.

"Deib..."

Yumakap si Kim kay Sensui at humagulgol sa dibdib nya.

"Wooow.." dinig kong usal ni Naih at nilingon ko naman sya. **"Amazing..."** bulong nya pa matapos tumingin rin sakin.

"M-Magpapaalam lang ako.." dinig kong usal pa ni Sensui saka inilayo si Kim sa kanya habang hawak pa rin ang dalawang balikat nya.. **"A-Ayusin mo na ang sarili mo.. Magpapaalam lang ako tapos ay ihahatid na kita.."**

"O-Okay.." humihikbi pang sagot ni Kim sa kanya.

Binibitiwan ni Sensui si Kim at laking gulat ko nung magtama ang paningin namin at saka dahan dahan syang lumapit sakin at...

"Awww..." dinig kong bulong ni Naih pero hindi ko sya pinansin..

Hindi ko alam kung paano akong magrereact sa ginawang yun ni Sensui sa akin..

YINAKAP NYA AKO..

Bahagyang nakaangat pa ang ulo ko munit nasa sanga ng mga puno ang paningin ko..

Nakabagsak ang dalawang kamay ko pero nasa pagitan ito ng mga bisig nyang sumakop sa kabuuan ng katawan ko..

BLINK!

LUNOK!

"S-Sensui.. m-mahigpit m-masyado..." bulong ko at ramdam kong bahagya pa syang natawa.

"S-Sorry.."

Dahan dahan nyang inilayo ang katawan namin sa isa't isa at saka sya bahagyang yumuko sakin.

"Gusto pa sana kitang makasama e.." nakangiti munit mahinag bulong na sambit nya habang nakatingin sa dalawang mata ko. **"Pero may hindrance.."** natatawa pang bulong nya. **"Alam ko namang hindi ka magseselos kaya naman.. ihahatid ko na muna si Kim---"**

"Okay lang.." deretsong sagot ko sa kanya at bahagya pa syang natigilan munit agad nya namang pinalitan iyon ng ngiti.

"Hindi ko alam kung matitiis kong dumaan ang gabing 'to ng hindi kita makikita pero.. kung maipapangako mong ikaw agad ang makikita ko bukas ng umaga dito.. s-sige maghihintay ako.."

"H-Ha??" takang tanong ko.

Ano bang sinasabi nya!?

"Ngayon pa lang kasi parang namimiss na kita.." bulong nya pa.

"Eeeeeehhh ayun lang.." bulong pa ni Naih. Nilingon sya ni Sensui pero nginitian lang.

"Sige na.. umuwi na kayo.." sambit nya pa at saka umayos sa pagkakatayo. **"Magkita tayo bukas ah? Hihintayin kita sa Parking Lot."**

"Bakit??" takang tanong ko.

"Kasi gusto kitang hintayin.."

"O-Okay.."

"Ingat.."

"Ingat rin.."

Tinanguan ko lang sya at saka kinawayan ang mga kasama nya pa na kumaway rin naman samin. Saka ako dahan dahang tumalikod sa kanila at naglakad papalayo.

"Hanep.." dinig kong bulong ni Naih.

"Tss.."

"Hanep talaga.."

"M-Manahimik ka nga..."

"Ang ganda mo friend! Iba ka!"

"P-Pwede ba!?"

"Bakit??? Bawal makikilig?! Makikihati na nga lang sa kilig... bawal pa rin!?" nanlalaki ang mga matang tanong nya.

"Manahimik ka.."

"Suuuuusss! Ihi lang ang napipigilan, kaibigan! Ang kilig.. mahirap tiisin yan! Kasi kapag sumabog yan.. baka mauwi sa kasalan.. hehehehehehehe.."

Hindi ko sya sinagot at sinenyasan ko na lang si Maxrill na sumunod sakin. Dinig ko naman ang pagsipol ni Naih habang sumusunod sa amin.

"Pano pala ang damit nyan!?" tanong ni Naih nung makasakay na ako sa motor.

Oo nga ano!?

"Walang gamit sa bahay yan.." dagdag pa ni Naih.

"Maxrill.." tawag ko sa kanya habang nakaangkas sya sa likod ko.

"Noona.." si Maxrill.

"We'll drop by at the mansion.. go and get your stuff.."

"Seriously??"

"Mmm.. just a few stuff.."

"Arasseo.."

Mabilis kong ini-start ang motor ko at pinaandar munit...

"E-Excuse me.." sambit ko pa nung magulat akong makitang humarang si Sensui sa harap ko.

Pero hindi nya ako sinagot..

Dahan dahan syang lumapit sakin at...

HINAWAKAN ANG KAMAY KO..

"A-Ano na naman??" kunwaring tanong ko.

"P-Pwede bang alisin mo na yung anesthesia mo??"

"A-Anong anesthesia??" takang tanong ko.

"Yung anesthesia'ng nilagay mo para mawala ang sakit na nararamdaman ko.."

Naalala nya pa yun!? Tss..

Napatingin ako sa kanya at naalala ang dati ngang sinabi ko..

Napatungo ako at nakaramdam ng hiya..

Nang biglang hawakan nya ang baba ko at dahan dahan yung iangat para magtama ang paningin namin..

"K-Kasi nawala na yung sakit na nararamdaman ko.. B-Baka oras na para.. mapasayo naman ako.."

"H-Ha??" utal na tanong ko at ngumiti naman sya.

Dahan dahan nyang hinawakan ang batok ko at...

HINALIKAN AKO SA NOO..

"H-Hihintayin kita bukas.."

"A-Ahh.. O-Oo.." seryosong sagot ko at saka muling in-start ang motor ko..

Agad naman syang tumabi at itinuro pa ang daraanan ko..

WTF???

Waaaaattt daaaa PAAAAAAAAAAKKKKK!!!!!!!

Halos hindi mawala sa isip ko lahat ng sinabi nya at ang lahat ng ginawa nya habang nagmomotor.. Ramdam ko ang hiya munit lamang ang halu-

halong emosyong nararamdaman ko..

OceanofPDF.com

CHAPTER 113 : INTERHIGH to PALAWAN

DEIB'S POV

Hindi ko maintindihan kung bakit sa dami ng maganda at nakakilig na ginawa ko.. hindi ko pa rin maiwasan ang hindi mainis..

Nababadtrip ako at nangingibabaw ang inis na nararamdaman ko..

Dahil ba umalis na si Taguro??

O dahil sa pinagsasasabi ni Kim???

Pareho... Haaayysss..

Napabuntong-hininga ako matapos kong tanawin ang paglayo ni Taguro..

Nung makaalis na sila ay agad akong nilapitan ni Tob na may nanunuksong tingin..

"Ano na naman yan??" mahinang bulong ko sa kanya at saka ko sinulyapan si Kim na nakatungo pa rin at humihikbi.

"Pakneng sheeet dreee! Hahahahaha! Pakyu ka ulul!" si Tob.

"Inano na naman kita?!" inis kunwaring tanong ko.

"Ulul! Wag kang umasta na parang walang nakakita don sa ginawa mo kay Taguro!"

"Oh e ano naman!?"

"Wooow hahahaha! Pucha dre kung umasta ka ngayon para ka na ring si Taguro ah! Anong feeling dre?! Ano?? Nakakakilig ba??" interesadong interesadong tanong nya at naramdaman ko naman ang unti-unti'ng pagngiti sa mukha ko.

"Oo.." ngiting ngiti'ng sagot ko na tumingin mismo sa mga mata nya at..

"King ina dreeee!!!!"

POK!!!!

"A-Aray!!! A-Ano ba! Ano ba!" inis na sigaw ko sa kanya matapos nya akong batukan ng malakas!

"Hahahahaha! Pakyu hahahaha! Bakit mo ginawa yon!" tuwang tuwa'ng tanong nya!

"E bakit mo ko binatukan!"

"Natuwa lang ako ulul! Hahahahaha!"

"Tsk!" inis na singhal ko sa kanya na inambaan pa sya ng batok pero bigla akong natauhan..

Nahagip ng paningin ko si Lee at bigla akong natigilan.

"B-Bukas na lang natin p-pag-usapan.." mahinang sabi ko pa kay Tob. **"I-Ihahatid ko muna si Kim.."** malakas na sabi ko pa.

"A-Ahh hahahaha.. O-Oo nga pala.." mahinang bulong nya rin.

Nung tanawin ko na sina Lee at Kim ay inalalayan naman ni Lee si Kim papalapit sa akin.

"Kung gusto mo ay ako na lang ang maghahatid sa kanya.." seryosong sagot pa ni Lee. Napatingin naman si Kim sa kanya na parang nagtatanong. Nilingon naman sya ni Lee. **"Mapapalayo pa si Deib kung sya ang maghahatid sayo kaya sumabay ka na lang sakin.."**

"P-Pero Lee.." mariing tanggi ni Kim.

"Ako na dre.. okay lang.." pilit ang ngiti'ng sabat ko.

"Sigurado ka ba??" tanong naman ni Lee.

"Mmm.. sa tingin ko ay may gusto syang sabihin sakin.." seryoso munit pilit ang ngiti paring sagot ko habang nakatingin kay Kim na agad namang tumungo matapos magtama ang paningin namin.

"S-Sige.. I-Ikaw ang bahala.."

"So pano? Kita kita na lang tayo bukas??" tanong ko pa kunwari kina Lee at Tob.

"Sige sige.. mauuna na ako.. Iisang way lang naman kayo e.. Maaga nga pala ko dito bukas.. kasi may mga aasikasuhin sila Michiko at Migz.. Tutulong ako.." nakangiting sagot ni Tob.

"Mmm.. sige.. 8am nandito na ako.." sagot ko.

"Ingat Tob.."

"Ingat rin kayo.. Kim, una na ako.." sagot ni Tob at saka sumakay sa kotse nya at nauna ng umalis. Nagkatinginan naman kami ni Lee at saka nya ako tinapik sa balikat.

"Ingat dre.."

"Ingat rin..." sagot ko. Tumingin naman muna si Lee kay Kim.

"Ikaw nang bahala sa kanya.."

"Sige.." nakangiting sagot ko at saka ko sya pinanood na makasakay sa kotse nya at umalis.

Saglit pa akong tumingin sa kawalan bago ko pa tuluyang tignan si Kim.

"Okay ka na ba??" tanong ko pa sa kanya.

Pero hindi sya sumagot..

Mas lumapit pa ako sa kanya at saka muling nagsalita..

"Okay ka na ba??"

"How do you expect me to be okay??" humihikbing tanong nya habang masama ang tingin sakin. Napabuntong-hininga naman ako kaagad. **"You did something horrible right in front of me and now you're gonna ask me if I'm okay?! What kind of stupid question is that, Deib!?"**

"Kim!" inis na sigaw ko sa kanya! **"I did something what?!"** inis na tanong ko. **"What I did was something that I like.. something that I want to do.. and something that I can't believe I was going to do.."** malumanay na sabi ko munit salubong pa rin ang kilay ko. **"It naturally came out in me.. at hindi ko inaasahan ang sarili kong magagawa ko yon.."** dagdag ko pa at natigilan sya. **"Hindi ko ginawa yon para gustohin mo o kainisan mo dahil hindi yun para sayo.. naiintindihan mo!?"**

Napatungo sya at muli na namang humikbi.

"Kim.. Trust me.. ayokong masaktan ka.." mahinang usal ko habang ipinaparamdam ang sinseridad ko. **"Ayokong masaktan ka at hindi ko kayang nakikita kang ganito.. Kaya ako ang nakikiusap sayo.. Tama na.."**

Dahan dahan nyang iniangat ang ulo nya at kitang kita ko ang nagkalat na make-up sa mukha nya..

Hindi nya ako sinagot at nagpatuloy lang sya sa pag-iiyak..

Iyak sya ng iyak..

"K-Kim.." usal ko pa habang pilit na inaabot ang braso nya. **"I-I'm sorry.."**

"H-Hindi ko maintindihan Deib e.."

"I'll make you understand---"

"Hindi e.. H-Hindi yon.. P-Pano nangyari'ng..... g-ganon na lang kabilis yon?? I mean.. this week a-ako ang mahal mo and then the following week mahal mo na si Max?! A-Anong klase ba yang puso mo?!" hindi makapaniwalang tanong nya pa habang umiiyak!

"Believe me k-kahit ako hindi ako makapaniwala kung panong nagkaganito yung nararamdaman ko pero maniwala ka sakin.. hindi ko alam kung pano.. ang alam ko lang.. nagkusa.. Nalaman ko na lang.. gusto ko na pala sya.."

"H-How?!" galit na tanong nya.

"I d-don't now either.." mahinang sagot ko habang pilit ipinapakita pa rin ang pagpapakatotoo ko. **"H-Hindi ako sigurado kung nung mga oras na nagseselos ka sa kanya ay m-meron ka na nga talagang dapat pagselosan.."**

"D-Deib.." hindi makapaniwalang usal nya sa pangalan ko. Nanlalaki pa ang mga mata nya habang hindi makapaniwalang nakatingin sa akin. Napatungo ako at pilit na iniisip ko bakit nga ba nagkaganoon ang nararamdaman ko.

"I hate her.. I hate her attitude.. I hate her personality.. I hate everything about her.." seryosong usal ko. **"But h-hating her made me fall in love with her.."**

"D-Deib.. please don't say that..."

"Pero yun ang totoo.. Kahit na anong gawin mo ngayon sa harap ko, yun ang totoo.. yun ang nararamdaman ko.."

"Gusto mo lang gumanti sakin, Deib! At alam ko yan!"

"Kim.. Hindi kailanman pumasok sa isip kong gantihan ka.. Dahil nung mga oras na ginawa mo sakin yon.. trust me, pinigilan ko ang sarili kong magalit ng todo sayo.."

"I don't believe you.."

"Sinubukan kong pigilan pero nagtuloy tuloy lang.. Sinubukan ko syang iwasan pero ang nangyari.. hinahanap ko pa rin sya! Nung oras na hindi ko sya makita para nakong mababaliw!"

"E-Enough!"

"K-Kim.. I'm sorry and please.. stop doing this.. W-Wala akong magagawa kasi n-nandito na 'to e.. Wala akong alam na paraan para maalis yung nararamdaman mo.. At kahit na may paraan pa ako.. ayokong mawala yung nararamdaman ko para kay Taguro.. Please understand that I don't want this to happen.. but I'm thanking you that because of what you did to me.. finally, narealize kong may tao'ng mas hihigit pa pala sayo---"

~PAAAAAAAAK!!!~

"Kim----"

~PAAAAAAAAK!!!~

Napatungo ako at hindi na makatigin sa mga mata nya..

Dalawang beses nya akong sinampal pero hindi ko yun ininda..

"How dare you say that to my face!" malakas na sigaw nya habang umiiyak pa rin! **"You don't wanna hurt me but look what you're doing**

to me! Ayaw mo kong masaktan?! Ano yung sinabi mo ngayon lang!? Ano sa tingin mo ang mararamdaman ko dyan sa mga sianbi mo!?"

"Wala a-akong makitang paraan para masabi ang totoo sayo ng h-hindi kita nasasaktan.. I-I'm really sorry.." sabi ko na umastang lalapit pa sa kanya pero umatras sya at dinuro ako sa mukha.

"Ang kapal kapal ng mukha mo Deib.." umiiyak pa ring sambit nya. "**If you're trying to get your point across using these hurtful words.. I'm sorry tell you that, you're not getting your point across at all.. Deib.. h-hindi ako immune sa painful words---lalo na kung galing sayo!!"** nagsisimula na naman syang umiyak. **"H-Hindi ako s-sanay ng wala ka sa tabi ko at yung ipakita mo ang mga ginagawa mo kay Max sa harap ko.. nasasaktan ako! Tapos sasabihin mo pa 'to?! Anong akala mo sakin!? Manhid!"** malakas na sigaw nya at natigilan naman ako.

Umakyat ang galit sa ulo ko at ramdam kong nagagalit ako pero pilit kong pinakalma ang sarili ko at saka tumingin ng deretso sa kanya.

"Alam mo ba kung anong naramdaman ko noon??" pigil ang galit na tanong ko at natahimik sya. Hikbi na lang nya ang maririnig mo munit pati luha nya ay huminto na. **"Alam mo ba kung pano mo ko pinagmukhang tanga? Na yung syinota mo ay boyfriend ng kapatid ko at kaibigan ko pa?!**" nananatili syang tahimik at gulat habang nakatingin sakin. **"Kim, hindi rin naman ako bato para hindi ako masaktan don sa ginawa mo.. pero may narinig ka ba saking ganito?? Wala naman di ba? Naghabol pa ba ako sayo? Hindi naman di ba?"**

"Deib magkaiba tayo! Lalaki ka at babae ako!"

"May kinakailangan bang kasarian para masaktan?? Sa pagkakaalam ko kasi ay wala.." seryosong tanong ko at mas natigilan pa sya. **"Kahit pa lalaki ako at babae ka.. the fact na sinaktan mo ko.. Sa tingin ko hindi ko na kasalanan kung nasaktan kita.. Sinaktan mo ko.. ngayong nakakita ako ng iba.. sasabihin mong ginawa ko 'to para saktan ka??"** pagmamatigas ko pa. **"Kasi ikaw na yan at eto na ako.. Minahal kita pero sinaktan mo ko.."** nag-uumpisa ng mamasa ang mga mata ko at pilit ko ring pinipigilan yon. **"Kung nasasaktan ka sa mga sinasabi ko.. mas nasaktan ako sa mga sinabi mo sakin noon.. kung pano mo ipinamukha saking *'sya'* ang mahal mo at hindi ako.. Na wala tayong relasyon at hanggang *'manliligaw'* mo lang ako.. Lahat yon.. nasaktan rin ako.."**

"That's why you're giving me back the pain that I've caused you??"

"Kim, how many times do I have to tell you na wala akong balak gumanti sayo!? Wag mo sana isiping ginagantihan kita dahil hindi kailanman yon ang naging intensyon ko.."

"Then, ganon ang dating sakin!" sigaw nya at napatingin lang ako sa mukha nya. **"Mas nasasaktan ako dahil iniwan na ako ni Randall wala pa akong Deib na babalikan ngayon! Yung Deib na inaasahan kong maiintindihan ako dahil nagkamali ako.. yung Deib na inaasahan kong patatawarin ako dahil nagkamali ako!"** sigaw nya pa na dinuro'ng muli ako. **"Pero yung Deib na yun ngayon ay sinasaktan rin ako na para bang hindi nya ako minahal noon.. Deib bakit?? Bakit?? Bakit kailangan mong gawin sakin 'to.."**

"K-Kim.. h-hindi mo ko naiintindihan e.."

"Please.. k-kung gusto mo lang talagang saktan ako dahil sa nagawa ko please.. A-Ako na ang nakikiusap sayo please.. t-tigilan mo na please??? Hindi ko na kaya e.."

"K-Kim.. maintindihan mo naman sana ako.."

"T-Tell me, Deib.. Tell me.. Lahat.. Lahat iintindihin ko.. just tell me.." parang nakikiusap pang usal nya habang umiiyak.

"W-Wala na akong nararamdaman sayo.." sagot ko at natigilan naman sya at gulat na tumingin sakin, hindi ako makatingin sa kanya.

"That is not true!" sigaw nya! **"That is not true Deib.. Alam kong ako pa rin ang mahal mo dahil hindi ganon kabilis mawala ang pagmamahal na nararamdaman!"**

"Pano mo naman nasiguro??" pigil ang inis na tanong ko.

"Dahil nagmahal rin ako!"

"Nagmahal ka nga.. pero hindi mo pa rin alam ang nararamdaman ko.."

"Alam kong hindi mo ko ganon kabilis maaalis sa puso mo Deib!"

"Yun rin ang alam ko e.. kaso, may sariling isip yata ang puso ko e.." seryosong sagot ko pa habang naaawa sa itsura nya.

"Nagmahal rin ako Deib, kaya alam ko kung ano ang nararamdaman mo!"

"Pero hindi ako ang minahal mo! Napunta na ba sayo ang puso ko para malaman mo ang nararamdaman ko?!" sigaw ko at natigilan sya ng bahagya. **"Naiintindihan kong minahal mo si Randall e.. pero wag mo namang palabasing minahal mo rin ako dahil ayoko ng alalahanin kung paano kong pinagmukhang tanga ang sarili ko kaaasa sayo'ng**

magkakaron ng tayo! Dahil Kim.. gising na gising na ako ngayon.. Kayang kaya ko ng sabihin sa sarili kong.. *'hindi mo ako mahal'*.. na *'hindi mo ako gusto'*.. na *'pinapaasa ko lang ang sarili ko'*.. Lahat yan Kim natanggap ko na sa sarili ko.. At kaya hindi ko nagawang magalit sayo dahil sinabi mo pa rin sakin ang totoo.. na hindi ako kundi si Randall ang mahal mo.." pinunasan ko pa ang luhang namuo sa gilid ng mga mata ko. **"Hindi ko magawang magalit dahil kahit huli na ang lahat ay sinabi mo pa rin sakin ang totoo.. kahit pa nagawa mo na akong lokohin bago ko pa malaman ang totoo.. Hindi ko magawang manumbat dahil halos araw-araw sa loob ng dalawang tao'ng yun.. sinabi ko sa sarili kong.. para na rin naman *'tayo'*.. kahit ang totoo, wala namang *'tayo'*.."**

"D-Deib.."

"Minahal kita Kim.. at totoo yung naramdaman ko sayo noon.. Kaso, nakatakda yata talagang mangyari yon para.. makita ko yung tao'ng hindi man kasing ganda mo.. hindi man kasing friendly mo.. hindi man kasing bait at sing galang mo.. pero *'perpekto'* sa paningin ko.. Hindi naman ako tatagal ng dalawang taon sa panliligaw kung.. hindi talaga kita gusto at hindi kita mahal.. Pero parang nagbago lahat nung nakilala ko sya e.. Hanggang ngayon twing maaalala ko kung pano kang nagsinungaling sakin.. nasasaktan pa rin ako, dahil sa dami ng kasalanang pwede mong gawin.. hindi ko naisip na pwede mo rin palang gawin yun sakin.."

"D-Deib.."

"Inisip ko na lang.. sa dami nung masasayang oras na nakasama kita.. Sa dami nung mga oras na pinasaya mo ko at pinatalon mo ang puso ko.. kunwari na lang, kahit sa isip ko lang.. naging tayo.. Na hindi nga lang magandan ang kinahantungan.."

"Nararamdaman ko sa mga sinasabi mo ngayon na ako.. ako pa rin ang gusto mo at ginagawa mo lang 'to para gantihan ako!"

"Ipagpilitan mo ang gusto mo.. sige lang.. Pero wag mo sana kalilimutang naging totoo ako, at sinabi ko sayo ang totoo.. Kim, I've no more feelings for you.." mahina pang dagdag ko. **"Pero aaminin ko'ng nasasaktan pa rin ako sa mga ginawa mo dahil.. nang dahil sa sakit na ipinaramdam mo sakin.. nagawa kong isipin na, wala kang kasalanan.. na ako yung mali dahil hindi ko kayang tapatan si Randall.. Ako yung may kasalanan dahil.. hindi kita kayang gawing**

masaya sakin.. Na ang tanga tanga ko dahil hindi ko man lang naisip na hindi ka makukuntento sa mga ipinapakita ko.. Pinilit kong intindihin lahat Kim.. Nasasaktan pa rin ko pero alam kong kaya ko.."

"D-Deib.."

"Alam mo kung bakit??" tanong ko pa kunwari. **"Dahil nagawa ko ring aminin sa sarili kong *'WALANG TAYO'* at hindi kailanman nagkaron ng tayo.. Dahil nagawa kong tanggapin sa sarili kong.. hindi pwede'ng maging tayo dahil hindi ako yung tao'ng pinangarap mo.. Nasabi ko pa nga sa sarili ko na.. sa ganoong oras pala nagtatanong ang mga tao kung.. *'kailangan mo ba talagang magkaron ng karapatan para masaktan'*?? Kasi.. nung oras na yon.. Wala tayong relasyon.. pero nagawa mo pa rin akong saktan.."**

"Pero sinasaktan mo rin ako ngayon Deib.. Ako ang mas nasasaktan alam mo ba yon?? Nasasaktan ako dahil ngayon ko lang unti-unti'ng nakikita ang halaga mo sakin.. Nasasaktan ako dahil ang tanga tanga ko.. nandyan ka na nga pinakawalan pa kita! Nasasaktan ako dahil mas pinili ko ang tao'ng gusto ko kesa sa tao'ng mahal ko! Nasasaktan ako dahil nagawa kong lokohin yung tao'ng hindi ko napansing mahal ko na pala talaga.. Nasasaktan ako dahil hindi ko alam na mas mahal para kita!" umiiyak na naman usal nya. **"Knowing the fact that I'm hurting.. hurts me too.."**

"Nobody could feel the pain I've felt, more than me.. If you're hurt then I think I was hurt the most.. It wasn't easy and it was really hard for me.. it was embarrassing, humiliating and it was hurtful too.. Everything you said to me back then was painful.. It happened to me in front of the world.." pigil ang luhang sambit ko pa rin. **"Hindi ko ilalaan yung dalawang taon ng buhay ko sa panunuyo sayo kung hindi kita minahal ng totoo, Kim. Pero hindi mo ko kailangan e.. because you want someone who's matured enough to make you fall in love.. I did my best back then, pero anong sinabi mo?? Hindi mo ko pinaasa.. dahil kusa kong pinaasa ang sarili ko.."** naluluhang sagot ko habang inaalala yung sinabi nya sakin noon.

"I-I'm sorry.." umiiyak na namang sambit nya. **"I-I'm so sorry.. Deib.. I'm sorry.."**

"Nangyari na e.. kahit magsorry ka.. hindi ko na maaalis yung sakit na naramdaman ko non at wala na akong ibang choice ngayon kung hindi.. patawarin ka ngayon.."

"I'm sorry... I-I'm only human and I'm not perfect.."

"Sana naisip mo nung una pa lang na.. hindi ka perpekto at makakapanakit ka ng tao kapag ganon ang ginawa mo.. Hindi ka na bata para sabihin pa sayo kung kailan mali at tama ang ginagawa mo.."

"N-Nadala ako sa emosyon ko.. Deib.. I'm so sorry.." umiiyak na namang sabi nya.

"M-Maiintindihan ko naman yun kung.. sasabihin mo sakin ng maaga.. Hindi mo na kailangang itago pa sakin.. Ganon kita kamahal noon Kim.. kahit masakit tatanggapin ko.. Makita lang kitng masaya.." pigil ang luhang sagot ko.

"Deib.." umiiyak na namang usal nya sa pangalan ko.

Tinalikuran ko sya at dalawang beses akong nagpakawala ng buntong-hininga. Naramdaman ko ang pagtulo ng luha mula saking mga mata na agad ko namang pinahiran bago muling humarap sa kanya..

Nung makita ko ang mukha nya ay pakiramdam ko lumuwag ang aking paghinga..

"It's getting late.. I think I should take you home.." seryosong usal ko. Hindi na sya sumagot at sya na ang kusang naglakad papunta sa passenger's seat.

Huminga ako ng malalim at sinundan ko at saka pinagbuksan ng pinto para makasakay.

Agad kong pinaandar ang sasakyan at hanggang sa makarating kami sa kanila ay wala kaming naging kibuan.. Nililingon ko sya paminsan minsan dahil panay pa rin ang paghikbi nya.. Kaya naman nung nasa harap na kami ng bahay nila..

"Here.." iniabot ko sa kanya ang panyo ko. **"Wala akong tissue kaya gamitin mo na muna yan.. A-Ayokong makita kang ganyan ng Ate mo kaya please.. Ayusin mo ang sarili mo.."**

At sinunod nya naman ang sinabi ko. Umayos sya sa pagkakaupo at agad na pinunasan ang mukha nya.. may kinuha pa sya sa bag nya at pinaglalalagay ang mga yon sa mukha nya..

Maya maya pa ay mas maasyos na sya kumpara sa itsura nya kanina..

Maganda'ng Kim na ulit ang nasa harap ko..

"Thank you..." liningon nya ako at saka iniabot ang panyo ko.. Aabutin ko na sana yun muni mabilis nya rin binawi.. Bahagya pa akong napailing.. **"Hindi na pala.."** pilit ang ngiting sabi nya. **"Akin na lang pala 'to..**

hindi ko na isasauli sayo.. I'm sure marami ka naman nito.." dagdag nya at hindi naman ako kumibo, nanatili akong nakatingin ng deretso sa kanya. Tumingin sya sa kalsada sa harap at saka ngumiti doon. "**K-Kung.. papipiliin ba kita sa aming dalawa ni Max.. S-Sino ang pipiliin mo??**"

"**Don't ask that..**"

"**Bakit ka makasagot??**"

"**Dahil alam mo na dapat ang sagot..**" matigas na sagot ko at natigilan naman sya na agad namang napalitan ng nanghihinayang na ngiti.

"**Si Max ang pipiliin mo di ba??**" kunwaring tanong nya pa na muling tumingin sa harapan. "**Good choice..**" bahagya pa syang tumawa. "**Kasi ang sabi nila.. kapag pinapili ka sa dalawa.. piliin mo kung sino yung mahal o ginusto mo sa kasalukuyan.. Kasi hindi mo sya magagawang mahalin kung.. m-mahal mo pa yung nasa nakaraan..**"

"**Kim.. tama na, okay?? Give yourself a break..**"

"**This is already a heart---*'break'*, Deib..**" biro nya pa kunwari na lumingon pa sakin. "**Please come back to me Deib??**"

Naiiwas ko ang paningin ko sa kanya nung makita kong iiyak na naman sya.

"**I'll do anything for you.. just please come back to me..**" nakikiusap na usal nya.

"**I can't go back anymore. Kim..**"

"**W-Why??**"

"**Because she's my reason why I'm staying..**" seryosong sagot ko at mahina naman syang suminghal. Nangingilid ang luha pero nakangiting bumuntong-hininga sya.

"**Ano nga bang meron si Max na wala ako??**" natatawa kunwaring tanong nya pa na muling tumingin sa harapan. "**Palaban?? Nananapak?? Nananakit?? Mayabang?! Hahahaha.. Mga katangiang hindi ko akalaing magugustohan mo..**" sumeryoso na naman sya. "**I can't imagine you two.. Kapag hindi nagustohan ni Max ang sinabi mo, sasapakin ka nya.. at kung hindi nya magustohan ang ginawa mo, tatadyakan ka nya?? Yun na ba ang gusto mo ngayon Deib??**"

"**Kim.. sinabi ng tama na..**"

"**Matalino sya pero mas matalino pa rin ako sa kanya..**"

"**Tigilan mo na.. Pumasok ka na sa loo---**"

"**Pumayat nga sya pero mas sexy pa rin ako sa kanya.. Hahahaha..**" nakakalokong tumawa sya.

Nababaliw ka na..

"Bakit hindi mo nga ba sabihin sakin?? Ano nga bang nagustohan mo sa kanya na wala sa akin?? Ano nga bang meron sya na wala ako?? Ang alam ko lang kasi.. lahat ng meron ako.. ay wala sya.."

"Pero meron syang *'ako'*.." madiing sagot ko at natigilan na naman sya at galit na tumingin sakin. **"Hindi man nya mapapatanyan ang ganda mo.. hindi naman mababawi ng ganda mo ang isang *'ako'*.."** parang napapahiyang tumingin sya lalo sakin. **"Wala sa kanya ang katangian ng isang babae na magugustohan ko, pero nasa kanya ang *'lahat'* ng bagay na hindi ko akalaing magugustohan ko.."**

"Hahahaha.. you're crazy.." bulong nya pa. **"You really are crazy.."** dagdag nya at nanatili naman akong tahimik. **"Hahahahahahahaha.."**

Bumaba ako ng kotse ko at pinagbuksan ko sya ng pinto.

"May laro pa ako bukas.. sa tingin ko, kailangan mo ng umuwi para makapagpahinga ako ng maaga.." malamig ang pagkakasabi ko habang nakahawak sa pinto ng kotse ko at salubong ang kilay na nakatingin sa kanya..

Ngingisi ngisi naman syang bumaba doon at saka hinawakan ang kwelyo ng polo shirt ko..

"Don't act as if you're sure already between your feelings and her feelings Deib.." malambing ang pagkakasambit nya ng mga salitang yun.. **"Kasi.. kung nasaktan kita nung una.. Believe me.. mas masakit ang masaktan sa pangalawa.."** bigla syang sumeryoso at agad ko namang iniiwas ang paningin ko sa kanya. **"Siguraduhin mo lang na mahal ka rin ni Taguro.. bago mo ipagmalaki sa akin yang nararamdaman mo.."** nanlilisik ang mga mata'ng usal nya pa at saka ako dahan dahang...

HINALIKAN!!!!!

"K-Kim! Ano ba!" sigaw ko sa kanya na naitulak ko pa sya! Mabilis kong pinunasan ang labi ko at inis na tumingi sa kanya! **"What do you think you're doing!!"** galit talagang tanong ko pa!

"Bye.." malanding usal nya pa na nginitian muna ako bago tuluyang tinalikuran at iniwan!

Damn it!

Naiwan akong nakatayo sa harap ng kotse ko at ng bahay nila habang inis na pinupunasang muli ang bibig ko!

Galit kong sinipa ang pinto ng kotse ko pasara at inis na sumakay sa kotse ko!

"Baliw ka na Kim.." mahinang usal ko pa. **"Baliw ka na.."**

Mabilis kong iniwan ang bahay nila at tinahak ko ang daan pauwi!

Pagdating ko sa bahay ay mabilis naman akong sinalubong ni Mom and Dad!

"D-Deib....???" parang gulat pang tawag sakin ni Mommy matapos nya akong makita. Agad ko namang inayos ang buhok ko at ang damit ko saka ako wala sa mood na tumingin sa kanya.

"C-Come in Son.." biglang singit ni Dad na sumenyas pa sakin papasok. Sinunod ko naman sya at agad akong naghubad ng sapatos ko.

"Here baby.." usal ni Mommy na agad inilapag ang slippers ko sa harap ko.

"Thanks Mom.." sagot ko na pumasok agad sa loob at inilapag ang bag ko.

"Are you okay??"

"Yes Mom.. Of course.."

"How's your game??"

"Panalo naman Mom.."

"Yiiiieeee!!! Talagaaaa???"

"I'm sorry Mom.. I'm tired.. I want to rest.."

"Is that so? O sige sige.."

"Aren't you going to eat dinner??"

Napalingon ako sa pinanggalingan ng boses na yon at nakita ko si Noona.....

AT SI RANDALL!?

Anong ginagawa nila dito!?

Naisip kong Thursday ngayon at saka ko naalala ang schedule nila..

Wala ba silang pasok?! Tch!

Hindi ko na sila pinansin at umasta akong aakyat na nung biglang..

"W-Wait.." habol sakin ni Noona.

"Noona.. I'm tired---"

"I said wait!" sabi nya na pilit pang iniharap ang mukha ko sa kanya gamit ang dalawang kamay nya!

"Ano ba!" inis na tanong ko pa!

"You kissed??"

"W-What?!" takang tanong ko.

"You kissed?!" ulit nya at natigilan naman ako.

"W-Why??" takang tanong ko.

"May lipstick ka.."

"H-Ha!? Saan?!"

"Sa lips.."

Nagmadali akong lumapit sa salaming nandoon at tinignan ang mukha ko!

Demmit!

"Hahahahahahhahahahahahahahaha!!!!" malakas silang nagtawanan sa likod ko at hindi ko naman sila pinansin!

"You're busted brother!!!" pang-aasar pa ni Noona!

"Shut up!" inis na sabi ko pa..

"How's your first kiss??"

This isn't my first kiss!

But my first kiss belongs to the girl who did this too..

"At saan ka naman napagod, anak???" nanunuksong tanong pa ni Dad!

"D-Dad.. h-hindi yon ganon.."

"Yiiieee hahahahahah.. binatang binata na talaga ang baby kooooo.. hihihihihi!"

"Mom.."

"Its okay baby.. lahat naman tao ay dumadaan sa ganyan.. yiiieeee---"

"Mom!" inis na tanong ko.

"Okay okay.. hihihihi.. I'll shut up.."

"Anong lisptick brand nya dongsaeng?? Mac? Lancome? Nars? Chanel? Dior? Estee Lauder? MakeUp Forever? Guerlain? Bobbi Brown? Yves Saint Laurent----"

"I said enough!" sigaw ko at natigilan naman sya!

"Ya.. I was just asking.." nakanguso pang sagot nya at halatang napahiya talaga sya. **"Ano sa tingin mo Hon?? Hahaha! Alam mo ba kung anong lipstick brand ni Maxpein ha??"** baling ni Noona kay Randall. Nagtama naman ang paningin namin ni Randall munit hindi ko sya pinansin.

Nagsimula na akong umakyat ng hagdan ng walang pakialam.

"Hon??" dinig kong tawag pa ni Noona.

"H-Hindi sya naglilipstick.."

Napahinto ako sa pag-akyat..

TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!

"H-Ha??" dinig ko pang tanong ni Noona habang nasa kalagitnaang palapag na ako ng hagdan.

"Si Maxpein.. hindi sya naglilipstick.." dagdag ni Randall at saka ako dahan dahang lumingon sa kanya at nagtama ang paningin namin. **"Hindi sya kailanman naglipstick.."**

Hindi ako makagalaw..

Nakatingin ako kay Randall at kitang kita ko sa mga mata nya ang pagiging sigurado sa sagot nya..

Parang sinasabi ng mga tingin na yun na mas kilala nya si Taguro kesa sa akin..

Kitang kita mo ang confidence munit walang halong yabang..

Hindi sya nakangiti munit hindi naman nakakaasiwa ang mukha nyang seryoso..

Dahan dahang napalingon sa akin ang lahat.. Sina Mom and Dad at si Noona..

"Oh Deblor??" biglang lumabas si Manang mula sa kusina at napunta sa kanya ang atensyon ko. Taka syang tumingin sa lahat bago pa muling tumingin sa akin. **"Dumating ka na pala.. halika na't maghapunan.."** yaya pa ni Manang.

"A-Ahh.. h-hindi po ako gutom.." utal na sagot ko pa.

"Kahit pa.. ano ba naman iyong malagyan lamang ng kakakarampot iyang tiyan mo.. Pumarine ka na't nakahain na ang hapunan.." yaya nya na nagpunas pa ng kamay sa apron nya. **"Ano ba ang itinitingin tingin niyo pa diyan sa bata??"** patungkol ni Manang sa akin. **"Halina't maghapunan.."**

Pakiramdam ko ay nakahinga ako ng maluwang sa ginawang pagsingit na yun ni Manang. Nagpauna nang pumunta sina Mom and Dad sa kusina munit sina Noona at Randall ay nananatiling nakatingin sakin.

"Ano ba? Aba e ilang beses ba kayong tatawagin??" si Manang ulit. **"Sige na't bumaba ka na dyan Deblor at ng makakain ka na.. Madali ka.."** nakapamewang pang sambit ni Manang.

"A-Ahh s-sige Manang.. m-magpapalit lang ako ng damit.."

"O sya bilisan mo't hihintayin ka namin.."

"O-Opo.." sagot ko pa at saka umakyat sa kwarto ko.

Pagpasok ko ay napasandal ako sa pinto ko.

Alam ni Randall na hindi si Taguro ang may ari ng lipstick na 'to..

Mabilis akong pumasok sa banyo ko at tinignan ang sarili ko sa salamin!

Badtrip!!!!

Naiinis ako sa sarili ko dahil hindi ko man lang naisip tignan ang sarili ko sa salamin sa kotse ko bago man lang ako bumaba! Naalala ko ang ginawa ni Kim kanina bago sya makababa ng kotse ko..

Nagmake-up nga pala ulit sya! Tsk! Ang bobo mo Deib!

Inis akong kinuha ang toothbrush ko at nagsipilyo! Matapos nun ay agad akong naghilamos!

Naalala ko ang itsura ni Randall kanina habang nakatingin sa akin..

E-Eh ano bang pakialam ko! Hindi ko naman ginusto 'to! Kasalanan ni Kim 'to! Peste!

Inis akong inilapag sa center table ang bag ko at saka naghubad at nagpalit ng damit. Matapos nun ay mabilis akong bumaba para kumain.

"Magtatampo na talaga ako sayo baby.." nakangusong sambit ni Mommy pagkaupo'ng pagkaupo ko. Taka naman akong napatingin sa kanya at bahagya pa syang nagpaawa sakin!

"Mom.. wag mo na ngang binebeybi yang si Deib! Ang laki laki na nyan oh!" biro ni Noona. "Nakakahalik na nga e hahahahahaha.."

"Tch!" singhal ko.

"E pano naman kasi.. isang yaya lang sa kanya ni Manang ay pumapayag syang kumain.. samantalang ako... huhuhuhuhu.."

"Gaaawwdd!! Mom?! Look at your son?! Nakakahalik na nga ng babae yan e! Wag ka ngang gumanyan! Ugh!"

"Ayan pa ang isa! Hindi man lang nakwento sakin ng baby ko kung sino ang first kiss nya!"

Demmit!

"N-Noona.." seryosong pigil ko sa kanya.

"Ayy.. bad mood??" pang-aasar pa rin ni Noona. Hindi ko na sya sinagot at kumain na lang ako.

Maya maya pa..

"Pero kung hindi naglilipstick si Maxpein... kanino yung lipstick na nasa lips mo kanina?!"

Badtrip naman 'to oh!

"D-Dein.." singit ni Randall na sinusuway si Noona.

"Hon.. I'm just curious.. hahahaha after his proposal.. we have no idea what happened next di ba?! Malay mo ba naman kung

naglilipstick na pala si Max ngayon? Hahahaha parang hindi ko maimagine.." tumatawa pang sambit ni Noona.

"S-Si M-Maxi???" gulat na tanong ni Mom.

"Yes Mom hahahaha.. he proposed to her.."

"Kyaaaaaaa! For real?!"

"Yes Mom!"

"Omo! Waaaaaa!!! Totoo ba yun baby ha?!"

"Y-Yes Mom.." napapahiyang sagot ko.

Bakit ka naman mahihiya Deib!? Dapat ay mas maging proud ka dahil nakapagpropose ka sa tao'ng gusto mo at natutuwa silang lahat sa ginawa mo!

Hindi ko maintindihan ang mararamdaman ko.

Natutuwa ako dahil nagustohan nila ang proposal ko kay Taguro pero.. naiinis ako dahil alam kong hindi ko magagawang ipaliwanag kung saan nga ba nanggaling ang lipstick na yun sa bibig ko!

Nabadtrip ako sa ginawa mo'ng 'to Kim!!

"Bakit hindi mo sinabi sakin?! So kayo na?! I wanna see her baby---"

"Hindi pa kami Mom.."

"What?!"

"H-Hindi pa kami.."

"E-Eh I thought you proposed to her already??"

"Y-Yes but.. I just asked if I can c-court her.."

"Aaahhh.." parang nanghihinayang pang sambit ni Mom.

"Pero pumayag naman yata, hindi ba??" nakangiting tanong naman ni Dad.

"Y-Yes Dad.." sagot ko.

"Kyaaaaaaaaaaaaa! Yiiiiieeee!!! Talaga????" excited na tanong ni Mom at tumango naman ako sa kanya. **"We should visit her then!"**

"W-What for Mom??"

"Syempre.. nililigawan sya ng baby ko kaya naman dapat ay ligawan ko rin sya, hindi ba??"

"M-Mom.."

"Look.. hindi naman literally *'liligawan'* na parang lalaki iho, ano ka ba! Hihihihi.. let's say.. ako ang magiging tulay para mas magkalapit pa kayo.. what do you think??"

"I don't think so Mom.." biglang singit ni Noona.

"And why?!"

"Hindi si Max yung tipo ng babae na gusto'ng sinusuyo sya.. di ba Hon??" nakangiting tanong ni Noona kay Randall at nagulat naman ako!

"Oh.. kilala mo pala si Max??" nakangiting tanong ni Mom kay Randall.

Pare-pareho kaming napatingin sa isa't isa ng tanongin ni Mommy yun!!!!

Badtrip talaga oh! Ang daldal kasi e!

"A-Ahh yeah.. we're schoolmates before, Tita.." pagsisinungaling ni Randall na tumingin pa sa akin.

"Oh is that so? Hindi ko alam yan.." tatangu-tangong sabi pa ni Mom at nagtuloy sa pagkain.

"Pero.. kanino nga ba ang lipstick na yun iho?" mapanuksong tanong ni Dad.

d>>_<<b

"Oo nga.. kanino nga ba?!" nandidilat ang mga mata'ng tanong naman ni Manang.

Demmit! Kailangan ko bang sabihin sa kanila?!

Lahat sila ay nasa akin na ang paningin at nananatili pa rin akong nakatungo ng bahagya at nag-iisip kung ano ba ang dapat kong sabihin!

Kapag sinabi kong si Kim talaga ang may gawa nito.. hindi ba parang ang pangit tignan na kanina lang ako nagpropose kay Taguro pero may nakahalikan na agad akong iba?!

Kung magsisinungaling naman ako ay.. sinong sasabihin ko?! Kung sasabihin ko si Taguro.. p-pano kung magkataong dalhin ko sya dito at tuksu-tuksuhin sya nitong mga 'to?! Pano naman ako magpapaliwanag non kay Taguro?!

"Badtrip! Bakit naman kasi kailangan nya pa'ng gawin 'to e!" inis na sigaw ko..... UNCONSCIOUSLY!!!

Lahat sila ay napatingin sakin at pare-pareho silang nagulat!

"A-Ahh.. s-sorry.." agad na paumanhin ko.

"S-Sinong tinutukoy mo??" nagtatakang tanong ni Noona at agad ko namang iniiwas ang paningin ko sa kanya kung saan eksaktong napatingin ako kay Randall at nagtama ang paningin namin!

Parang binabasa nya ang mga ikinikilos ko dahilan para maiiwas ko rin sa kanya ang paningin ko.

"Hindi si Max ang may ari ng lipstick na yon.. tama??"

Muli akong napatingin kay Randall dahil sa tanong nyang yun!

"W-What do you mean Hon??" takang tanong ni Noona.

"Dahil hindi naman sya naglilipstick.."

"D-Deib??" baling sakin ni Noona!

Napatingin naman muna ako kila Mom and Dad at ganon na rin kay Manang na halatang naghihintay na magpaliwanag ako!!!

Sasabihin ko na ba?!

Ano na lang ang iisipin nila kapag sinabi ko na si Kim ang humalik sakin! Huhuhuhu! Baka naman sabihin nila ay napakababaero ko! Pero ayaw ko namang magsinungaling dahil ayokong gamitin si Taguro at mahuli nya ako sa hinaharap! Pano ko ipapaliwanag ang totoo sa kanya?!

Badtrip naman talaga oh!

"Hello brother?! We're waiting?!" maarteng tanong pa ni Noona dahilan para matinag ako at muling mapatingin sa kanila. **"Who owns that lipstick!?"** nakangising tanong nya pa.

"S-Si.." bahagya pa akong umubo bago muling magsalita. **"Si K-Kim.."**

"What?!" biglang tanong ni Noona.

Napatungo ako at hindi ko malaman ang sasabihin ko!

Bumilis ang tibok ng puso ko at daig ko pa ang nangangabayo sa bilis nito!

Kinakabahan ako dahil baka kung ano ang isipin nila sakin!

Pero nawawala ang kaba ko sa twing maiisip kong kaya kong magpaliwang at magsabi sa kanila ng totoo! Nang kung ano ang tunay na nangyari kung bakit mayroong lipstick sa bibig ko!

Badtrip talaga! Tsk!

"Deib!?" salubong ang kilay na tawag ulit sakin ni Noona at iiling iling naman akong napatingin sa kanya. **"Seriously...???"**

Huminga ako ng malalim at saka tumango..

"Tsh.." dinig kong singhal ni Randall at inis naman akong tumingin sa kanya.

Anong inirereact mo dyan?! Tch! Hindi ako katulad mo..

Tumingin kami ng masama sa isa't isa na agad ko namang pinutol dahil masama rin ang tingin sakin ni Noona!

"Pero baby.. pano na si Maxi??" biglang singit ni Mom.

"H-Hindi nya po alam.." sagot ko.

"What?!" silang lahat na naman.

"L-Look.. h-hindi yun tulad ng iniisip nyo, okay?!" inis na tanong ko. **"Nag-usap kami ni Kim ng tungkol sa nakaraan namin at hindi naging maganda ang usapan namin! Naging sarcastic and mean ako sa kanya at galit naman sya sakin.. H-Hindi pa rin sya naniniwala na si M-Max na ang gusto ko.. At hindi ko alam k-kung bakit kailangan nya pang halikan ako.."** inis munit nahihiya pa ring paliwanag ko.

"At nagpahalik ka naman?!"

"Hindi ah!" tanggi ko! **"Tinulak ko sya agad!"**

"Nahalikan ka pa rin!"

"Dahil nagulat ako!" inis na sagot ko! **"Hindi ko na sya gusto at hindi ko na sya magugustohan! Hindi ko rin nagustohan yun ginawa nya at dahil sa sobrang inis ko hindi na nagawang tignan pa ang sarili ko sa salamin kaya naman hindi ko alam na may l-lipstick pa nya na naiwan sa labi ko!"**

Hindi sila nagsisagot at nanatili silang nakatingin sakin!

"W-What???" inis na tanong ko. **"S-Sinabi ng hindi ako tulad ng iniisip nyo, okay!? Hindi ako ganon! Kapag gusto ko ang isang tao.. kahit gano karaming babae pa ang dumaan sa harap ko.. sya pa rin ang gusto ko.."**

"Bakit nya naman daw ginawa yon!?" inis na tanong ni Noona.

"H-Hindi ko rin alam.. at ayaw ko ng pag-usapan pa.."

"Hindi na ako magtataka kung nagawa nya yan.. Kilala ko na sya.." sarkastikong sabi ni Noona at saka nagtuloy sa pagkain..

Nagtamang muli ang paningin namin ni Randall munit nananatiling blangko ang mukha nya..

Bakit ba tingin ng tingin sakin 'to?! Mas marami kang nalalaman sa kanila pero hindi ko sila niloko gaya ng ginawa mo! Tch!

"Deblor.. eto pa.. kumain ka pa nito.." alok ni Manang sakin nung mga sugpo.

"Hindi na Manang.. K-Kailangan ko na rin kasing matulog dahil maaga pa ako bukas.. Hindi ako makakatulog hangga't hindi tunaw ang kinain ko hindi ba??"

"O sya.. ikaw ang bahala.."

"Anong oras ang laro mo bukas??" tanong ni Dad.

"Meron akong game ng 10am.."

"Mmm.."

"Makakapunta po kayo??"

"Mmm.. hindi kami sigurado.. Sasamahan ulit namin ang Chairman.."

"I see.."

"Pero don't worry.. paniguradong nandoon kami sa Finals.." dagdag ni Dad at ngumiti naman ako sa kanya.

Mabilis kong tinapos ang pagkain ko at pagkatapos ay umakyat na ako sa kwarto ko.

Hindi ko makalimutan yung ginawa ko kay Taguro kanina..

Haaaayyyy... hehehehehehehe..

"Bakit ko nga ba ginawa yun??" hindi ko mapigilang mangiti habang kinakausap ko ang sarili ko.

Kitang kita ko kung panong nagulat sya sa ginawa ko! Hehehehehehehe!

"Tch! Ako rin naman ay hindi ko inaasahang magagawa ko yun... Tsk! Bakit ko nga ba ginawa yon?!" napapailing pang tanong ko sa sarili ko. Naglakad ako at nagpunta sa veranda ng kwarto ko. **"Tsk tsk! Ano ba naman Deeeeiiibbb!!!"** napapakamot sa ulo'ng singhal ko sa sarili! **"Pano na bukas???"**

Nakaramdam ako ng hiya dahil sa naalala kong ginawa ko..

Gayunpaman ay hindi ko pa rin maiwasang mapangiti dahil twing maaalala ko ang reaksyon ng mukha nya ay nakakaramdam ako ng kaunting kilig sa dibdib ko..

"Sana wag ng mawala yung ganitong pakiramdam Taguro.. gusto ko ng manatili 'to sa katawan ko hehehehe.." mahinang sambit ko pa at saka tumingala sa langit. **"Ano kayang ginagawa nya???"**

Badtrip!!!!

Bigla kong naisip na baka kumakain sya ng Stick-O dahilan para maalala kong hindi ko nga pala naibigay sa kanya yung Stick-O na dapat ibibigay ko!

'ung mga Yakult pa! Tsk! Bobo talaga!

Nagmadali akong bumaba at kinapa saka kinuha sa estante sa sala ang susi ng kotse ko!

"Oh?? San ang punta mo??"

Gulat pa akong napalingon nung magsalita si Noona, wala na kasing ilaw sa sala kaya naman akala ko ay tulog na sila! Maliwanag pa rin naman dahil sa laptop ni Noona at sa ilaw na nagmumula sa labas ng bahay.

"A-Ahh.. may naiwan ako sa kotse e.. bakit hindi ka mag-ilaw??" takang tanong ko pa at saka binuksan ang ilaw doon.

"May tinatapos lang.. sige kunin mo na ang kukunin mo.. Mag-usap tayo pagbalik mo.."

Hindi agad ako nakapagreact nung sabihin ni Noona yun.

Gayunpaman ay mabilis pa rin akong kumilos at kinuha ang mga Stick-O at Yakult sa kotse ko.

Pagbalik ko..

"Ano yan?!" tanong ni Noona nung makita ang daladala ko.

"W-Wala 'to.."

"Ano nga yan??" pangungulit nya pa na umastang titignan ang dala ko munit mabilis kong iniiwas sa kanya 'to.

"Para kay Taguro 'to..."

"Na naman?!"

"A-Anong na naman?!"

"Hahahahahah.. parte ba ng panliligaw mo yan----ano 'to?! Stick-O?!"

"Oo! At saka Yakult!"

"Ang cheap mo!"

"H-Hoy! Anong cheap dyan?!"

"Yan! Psh! Kung ibang lalaki yan ay chocolates ang ibinibigay! Mamahalin pa man rin yung flowers mo tapos ang chocolate mo----Stick-O!? Duh!?"

"Hoy! This is not cheap! This is *'simple'*... hehehehe----"

"Anong simple simple!? Hello?! First time mo bang manligaw!? Parang ikaw lang ang lalaking nakilala kong nagbigay ng Stick-O at Yakullllltt???? What the heck!?"

"Baka eto ang paborito ni Taguro!?" inis na tanong ko sa kanya at natahimik naman sya! Bahagya syang napaisip at saka muling tinignan yung mga dala ko! **"Ano?! Pahiya ka no!? Hahahaha! Paborito ni Taguro ang mga 'to kaya ito ang binili ko.. Sa dami ng mamahaling chocolates, alin don ang pipiliin ko na makakasiguro akong magugustohan ng nililigawan ko?! Aanhin ko ang mamahaling tsokolate kung hindi nya rin maeenjoy kainin??"**

"Whatever.."

"At least ito.. hindi man kasing mahal ng gusto ng mga babae'ng tulad mo.. ito naman ang gusto ng babae'ng gusto ko.." nakangisi pang sagot ko at taas-kilay nya naman akong tinignan na parang nandidiri pa! **"Tch! Alis nga dyan! Ilalagay ko muna 'to sa ref hehehehehe.. Sabi ko**

kasi.. bukas ay magkita kami sa umaga.." sabi ko habang naglalakad na papuntang kusina at ramdam ko namang pasunod sya.

"**T-Teka..**" pigil nya pa sakin nung buksan ko na ang ref. Tinignan ko naman sya.

"**Bakit?**"

"**Pahingi..**"

"**A-Ano!?**"

"**P-Pahinging isa..**"

"**W-What!?**"

"**Pahinging isa..**"

"**A-Anong pahi----bwahahahahahahahahaha! Akala ko ba *'cheap'* 'to ha?!**"

"**E-Eh mukhang masarap e.. nagugutom ako..**"

"**Bwahahahahahahahah! Hindi na! Magtingin ka nalang ng iba dyan..**" turo ko sa mga chips na nakadisplay doon. "**Para nga 'to kay Taguro e.. si Taguro ka ba!? Hindi naman di ba?! Ikaw si Dein.. hehehehehe.. ang pangit na si Dein!**"

"**Hoy! Kung pangit ako---ano ka pa?!**"

"**Sobrang gwapo..**"

"**Ang kapal mo! Pahingi na!**"

"**Ayoko..**"

"**Isa lang e!**"

"**Engot ka ba?! Pwede ko ba namang buksan 'to para bigyan ka ng isa?!**"

"**Isang buo!**"

"**Anong isang buo!?**"

"**Ang damot mo! E ilang bote naman ng Stick-O yan ah! Mauubos nya ba lahat yan!?**"

"**Para kang bata Noona!**"

"**Psh! Parang bata?! E samantalang yung pagbibigyan mo nyan e iilang taon lang ang agwat sakin!**"

"**Mas bata pa rin kami sayo!**"

"**Wala sa edad ang pagkain ng Stick-O!**"

"**Wag na! Bibilhan na lang kita ng sayo bukas!**"

"**Ayoko---gusto ko ngayon na!**"

"**A-Ano ba! Hindi nga pwede e! Bukas ng umaga ko na ibibigay 'to!**"

"**Ang damot mo!**"

"Badtrip ka naman e!" inis na sigaw ko sa kanya!

"E isa lang kasi!"

"Oh! Ayan!" inis na abot ko sa kanya nung isang bote! **"Badtrip! Hindi na buo ang plano ko!"**

"Hahahahhahahaha thanks dongsaeng! Don't worry.. mabubuo pa rin ang plano mo dongsaeng.. Wala sa Stick-O yan.. nasa panunuyo yan!"

"Shut up!" inis na sigaw ko pa!

"Ang sungit mo! Para isa lang e!" sigaw nya pa habang binubuksan ang isa! **"At saka isa pa..."** dagdag nya na kumagat muna sa isang stick. **"...hindi naman siguro sinabi ni Max sayo na ganito karami ang bilhin mo di ba?!"**

"Tch! Hindi nya naman alam na binilan ko sya ng ganito e!"

"Ayun naman pala e! Anong iniuungot mo dyan?! Para isang bote lang ang nabawas! Kadamutin mo! Wag ka sanang sagutin----"

"Shut up!"

"Hehehehehe joke lang! Peace!"

"Alam mo ba kung bakit ganito karami ang binili ko ha?! Kasi bawat isang bote.. may meaning!"

"Oh??"

Badtrip talaga! Kung hindi lang ako sasabihan ng madamot nito hindi ko talaga sya bibigyan!

"Anu-ano namang meaning nyang mga yan??" parang nang-iinis pang tanong nya!

Mabilis ko namang inilagay sa ref ang lahat ng Yakult tapos ay humarap ako sa kanya at inilabas isa-isa ang bote ng Stick-O.

"Ganito kasi yan.." sabi ko pa na ipinatong ang unang bote. **"PLEASE.."** naglabas ulit ako ng isa. **"..ALLOW.."** naglabas ulit ako ng isa. **"..ME."** naglabas ulit ako ng isa. **"..TO.."** naglabas ulit ako ng isa. **"..COURT.."** naglabas ulit ako ng isa. **"..YOU.. TAGURO!!!"** inis na sigaw ko sa kanya! **"Pero dahil kinuha mo yung isang bote! Wala ng Taguro!"**

"Eeehhh???" parang natatawang tanong nya! **"As in ganon ka kabaduy Deib!?"**

"A-Anong baduy don!?"

"Hahahahahah! At saan mo naman nakuha yang idea mo!?"

"Tch! Wala ka na don!"

"Hahahahahahaha pero in fairness..." tatangu-tango pang sabi nya. **"..pwede.."**

"Tch! Matapos mong sirain ang plano ko---yan ang sasabihin mo!? Kaltukan kaya kita!?"

"H-Hoy.. ikaw ah! Nakukuha mo na ang ugali ni Maxpein!"

"T-Talaga?!"

"Oo! Ganyang ganyan sya e! Simpleng usapan.. mananakit bigla!"

"Hahahahahaha talaga??" tuwang tuwang tanong ko pa.

"Psh! Nakakadiri ka!"

"A-Anong nakakadiri don!?"

"Patay na patay!?"

"H-Hindi ah! S-Sakto lang!"

"Sus.. oh e matanong nga kita pala muna.."

"A-Ano yun?!"

"Anong nagustohan mo don!?"

Bakit ba lahat sila ay yan ang tanong?! Imposible ba talagang magkagusto ang gwapo'ng tulad ko sa astig lang na tulad nya?? Maganda naman sya ah?? Kahit lately ko lang nakita.. maganda talaga sya..

"Bakit hindi ka makasagot??" mataray na tanong pa ni Noona!

"Bakit mo naman kasi tinatanong?!"

"Curious lang.. Magkaaway kayo di ba??"

"Oh e ano naman??"

"Nadevelop ka? Ganon!?"

"I d-don't know.."

"Psh.. Ilang beses ko ng sinabi sayo'ng ayaw ko sa babae'ng yun pero ipinilit mo pa rin ang gusto mo.."

"Pwede ba Noona??" inis na tanong ko. **"Hindi porket ayaw mo sa kanya ay aayawan ko na rin sya!"**

"Wow ah!? Kung magsalita ka parang hindi mo naman sya inayawan noon!"

"O-Oo nga pero iba na ngayon! May gusto na ako sa kanya at gusto'ng gusto ko sya! Sa ayaw at sa gusto mo.. wala kang magagawa.." ngingisi ngisi pang sagot ko. **"E ikaw??"**

"Anong ako??" tanong nya habang sumusubo na naman ng Stick-O.

"Hindi ba't ayaw mo sa kanya?? Bakit biglang pumayag ka??" deretsong tanong ko at natigilan naman sya. Umasta syang sinasara ang

bote ng Stick-O'ng binigay ko sa kanya. **"Dahil ba alam mong mas wala ng pag-asa'ng magkabalikan sila ni Randall?"**

"Oo!" deretsong sagot nya at ako naman ang natigilan! **"Kahit na ayaw ko sa kanya ay yun lang ang nakikita kong paraan para mawalan ng dahilan para dikitan sya ni Randall!"**

LUNOK!

Here we go again.. Tch!

"Dahil alam kong ito lang rin ang paraan para makalimutan nya si Randall dahil wala na syang babalikan pa'ng Randall!" dagdag nya pa.

"B-Bakit mo naman naisip na babalikan nya si Randall?!"

"Babae ako Deib, okay??"

"Tch!"

"At alam ko ang daloy ng bituka ng kapwa ko babae! Alam kong hanggang ngayon ay may gusto pa rin sya kay Randall!"

Nagulat ako sa sinabi nya at napatungo ako..

"I-I'm sorry Deib.."

"It's okay.." pilit ang ngiti'ng sagot ko sa kanya. **"Alam ko rin naman yan.."**

"I-I'm sorry---"

"Okay nga lang.." pigil ko sa kanya. **"Wala akong pakialam kung may nararamdaman pa sya kay Randall dahil iba ako kay Randall.."**

"Pero.. bakit nga ba, ayos lang sayo'ng ligawan sya kahit na alam mo namang wala kang pag-asa??"

"A-Ano ba!" inis na sigaw ko sa kanya**! "Badtrip ka ah! Naririnig mo ba ang mga sinasabi mo!? Pambasagan ka alam mo ba yun!?"**

"Hahahahaha joke lang e.."

"Tch!"

"So you're saying na.. may pag-asa ka nga??" mayabang na tanong nya!

"E-Ewan ko.."

"See?? Hindi ka rin naman pala sigurado e!"

"Pero alam ko sa sarili kong kaya kong burahin yung nararamdaman nya!"

"Pero hindi ka rin naman siguradong kaya mong ibaling sayo ang nararamdaman nya.."

"You're useless Noona.." inis na bulong ko. **"Imbes na i-boost mo ang confidence ko.. lalo mo lang pinapababa!!!!"**

"Hahahahahahahahah! Bakit naman bababa ang confidence mo??? E reality yung sinasabi ko?? Look, Deib.. I already warned you.. umpisa pa lang sinabi ko na sayo.. hindi *'ikaw'* ang tipo ni Maxpein---"

"Tama na nga!" galit na talagang suway ko sa kanya!

"Pero Deib Enrile ka.. hindi ka mahirap mahalin.." seryosong sabi nya pa munit inis pa rin akong tumingin sa kanya! **"At tanga na lang ang tatangging mahalin ka.. just like Kim.. the word stupid isn't enough to describe her hahahahaha.."**

"Ironic.." bulong ko. **"Hindi ako yung tipo ni Taguro pero dahil si Deib Enrile ako.. hindi ako mahirap mahalin?! Anong saysay ng mga pinagsasasabi mo!?"** inis na talagang tanong ko! **"Sige.. sabihin na nating mas kilala mo si Taguro kaysa sakin.. pero sino ka para sabihing hindi ako magugustohan ni Taguro?! Pwede ba'ng tigilan mo na yang mga sinasabi mo?! Hindi nakakatuwa e.."**

"Ya.." natatakot kunwaring sambit nya. **"Why are you getting mad?? I'm just telling the truth here, okay??"**

"I said.. enough.. I don't need you.." inis pang sagot ko at saka umalis!

"D-Deib!"

Tch! Nabigyan na nga ng Stick-O.. kung anu-ano pa ang sinabi! Badtrip!

Inis akong nagtuloy muli sa kwarto ko at pabagsak na inihiga ang katawan ko sa kama!

MAX'S POV

Nang makarating kami sa Mansion ay hindi na kami pumasok ni Naih sa loob.

Kinausap ko na lang si Maxrill na kumuha ng gamit nya at magpaalam at hihintayin na lang namin sya ni Naih sa labas ng Mansion.

Naupo naman kami ni Naih sa may Park sa harap non.

"Tsk tsk tsk.." sabi nya na naman habang humihithit ng sigarilyo nya. **"Wooooohhhh!!!"** malakas pang buga nya!

Alam ko ang mga eksena nyang ganyan.. mang-aasar yan!!!!

"Iba ka talaga.."

Tss.. hindi talaga makatiis 'to ng hindi nagsasalita.. Tsk..

"Wag mo sabihing hindi ka pa rin kinilig don sa ginawa nya?! Tsk.. Yinakap na.. hinalikan pa?! Psh! Kahit na sabihin mong sa noo lang yun---Gaaawwwddd!!! Makspeyyynnn ang sweeeetttt nun!!!"

Hindi ko sya sinagot at pinagpatuloy ko na lamang ang paninigarilyo!

"Kahit pa kasi sabihin mong korni yung mga pinagsasasabi nya.. Hindi mo pa rin inaasahan yung mga ginagawa nya kaya naman.. kyyyyaaaaahh nakakakilig yun! Huhuhuhuhu kelan kaya ako makakakita ng Deib Enrile ng buhay ko?!"

"Sayo na.."

"Psh! Ang sama talaga ng ugali mo..."

Napabuntong-hininga ako at saka tumingala sa langit..

"Wala pa rin akong maramdaman.." seryosong usal ko. **"Maniwala ka man o hindi.. pinipilit ko rin ang sarili kong tignan sya.. ng sya lang.. Pero hindi ko pa rin sya makita.."**

"E bakit naman kasi lingon ka ng lingon sa nakaraan mo??"

"Hindi ako lumilingon.."

"Psh! E ano lang!?"

"Nandon pa rin ako sa nakaraan ko.." malungkot na sagot ko.

"As in?! Max.. as in Randall pa rin!?"

Hindi na naman ako nakasagot sa kanya!

"Ano ka ba naman?! Mahigit dalawang taon na ang nakakalipas! Maawa ka naman sa puso mo!"

"Naisip mo bang kung ikaw ay naiinip ng makalimutan ko sya.. Ano pa kaya ako?? Tss.. sawang sawa na ako sa nararamdaman ko pero nandito pa rin talaga.. Kahit anong gawin ko.. nananatili sya sa sistema ko.. na kahit anong gawin nya.. apektado pa rin ako.."

"O edi tama nga ako??"

Napatingin ako sa kanya at nagtaka.

"S-Saan??" tanong ko.

"Na kaya mo lang pinayagan si Sensui na manligaw sayo.. para makalimutan mo si Randall.." halatang naiinis na sagot nya. Napabuntong-hininga naman ako.

"Hindi naman talaga yun ang intensyon ko---"

"Pero ginawa mo pa rin!"

"Makinig ka muna kasi..." bulong ko pa. **"Oo may nararamdaman pa rin ako kay Randall.. pero kasi.. pakiramdam ko ay kapag tinanggihan ko ang proposal ni Sensui.. masasaktan ko sya.."** tumingin ako kay Naih at nagtama ang paningin namin. **"H-Hindi ko rin yata kayang saktan sya.."**

"So, naaawa ka lang sa kanya ganon??"

Ang prangka naman nito.. Tsk!

"Ewan ko.."

"Haay nako Max.. Yan na nga ba ang sinasabi ko e!" sigaw nya at saka galit na tumingin sakin at iniiwas ko naman sa kanya ang paningin ko! **"Kesehodang makapanakit ka ng tao---basta nagsasabi ka ng totoo.. mas mababa'ng kaso yun! Pero yung para maiwasan mong masaktan yung tao e mas pinili mong magsinungaling?! Alam mo kung anong kalalabasan ni Sensui?! Double Dead!!!! Masakit yung katotohanang kaya mo sya pinayagang ligawan ka ay para gamitin sya at bukod don---nagsinungaling ka pa!"**

"Wag ka ngang maingay.."

"Nakakainis ka e!"

"Tss.."

"Alam mo Max?? Seryoso.. nakakainis ka.."

Napabuntong-hininga ako at hindi ko malaman ang nararamdaman ko..

Naguiguilty ako sa naging desisyon ko at ramdam kong tama ang sinasabi ni Naih..

"Oh e ano ng plano mo?! Makikisakay ka na lang sa trip ni Sensui?! Ganon!?" galit pa ring tanong nya.

"Trip ba'ng matatawag yun??"

"O edi sige.. makikisakay ka na lang ba sa panliligaw sayo ni Sensui?! Ganon!?"

"Siguro.."

"Anong siguro?! Anong klaseng sagot ba naman yan?! Max! Isinasaalang-alang mo yung nararamdaman ng ibang tao para lang maprotektahan yun sayo! Anong klaseng dahilan yan!"

Hindi ako nakasagot!

"Akala ko ba matalino ka?! Akala ko ba astig ka!? Bakit parang nagbabago yata ang pananaw mo sa buhay?!"

"Tss.. kung pwede lang kitang ilagay sa sitwasyon ko.. ginawa ko na para lang maintindihan mo.." pigil ang inis na sagotko.

"Kahit na anong dahilan pa ang sabihin mo.. mali yung ginawa mo!"

"Alam ko!"

"E ayun naman pala e! Bakit pinili mo pa ring gawin?!"

Hindi na naman ako nakasagot at pabato kong itinapon ang filter ng yosi ko.

"Hindi kita maintindihan at sa tingin ko ay hindi kita kailanman maiintindihan.. Bahala ka sa buhay mo.. pinasok mo yan kaya

panindigan mo.. Pero sana naman.. maging sensitive ka sa nararamdaman ng ibang tao! Kung alam mong makakapanakit ka na.. tigilan mo na!"

"Tss.. pano ko naman gagawin yun?"

"What!? Anong pano gagawin?! Engot lang!? Alam mo naman kung kelan ka makakasakit at kung kelan hindi di ba?!"

"Yun na nga yung ginawa ko pero.. ayaw mo pa rin di ba??" walang ganang tanong ko at iniiwas ko ang paningin ko sa kanya. **"Dahil alam kong masasaktan ko si Sensui ay mas pinili kong payagan syang manligaw sakin.. dahil bukod don.. pwede kong makalimutan si Randall dahil sa kanya.."**

"Kung may pag-asa si Deib sayo.. solb na ang kaso mo!"

Hindi ko sya sinagot..

"Kung dadating yung time na magugustohan mo rin si Sensui.. maski isa sa inyong dalawa hindi na masasaktan pa.."

"Medyo malabo yun sa ngayon.." seryosong sagot ko.

"Hindi naman sa ngayon natatapos ang mundo di ba?? Napakaraming bukas.. at bawat patak ng oras.. pwedeng mabago ang nararamdaman.." nakangiti munit asar pa ring sambit nya. **"Sabagay.. hindi ko naman na kailangang mag-inarte dito dahil sa yabang mong yan, alam ko namang alam mo pa rin ang ginagawa mo.. pero sana lang.. wag dumating yung araw na pagsisihan mo kung bakit pinakawalan mo pa ang tao'ng nandyan para sayo.."**

"Tss.. saan mo ba nakukuha yang mga pinagsasasabi mo??"

"Naniniwala lang kasi ako sa kasabihang, hindi mo malalaman kung gano kaimportante sayo ang isang tao.. hangga't nandyan sila sa harap mo.. malalaman mo lang ang value nila, kapag wala na sila sa paningin mo.."

Ewan ko pero kinabahan ako..

Ramdam ko sa dibdib ko ang pagbilis ng puso ko kaya naman natigilan ako...

"Tumayo ka na dyan.. ayun na si Maxrill.." dagdag nya pa na nagpaumuna ng tumayo at lumapit sa motor nya.

Napabuntong-hininga naman muna ako bago tumayo.

Bahay.

"Oh? Bakit ngayon lang kayo??" salubong samin ni Yaz. **"Oooohhh.. who's this???"** nakangiting tanong nya pa nung makita si Maxrill.

"Kapatid ni Max yan.. bunso.." si Naih.

"Ahh talaga!? Woooow.. ang gwapo ah! Ilang taon ka na?!" tanong ni Yaz kay Maxrill.

"15.." si Maxrill.

"Aww.. sayang.. Ang bata mo naman?!"

"Pwede ba Ate!? Hindi lahat ng lalaki pwede mong landiin!"

"Pwede ba Zarnaih?! Manahimik ka?! Kararating mo lang.. nag-iingay ka na! Umalis na nga pala yung mga bakla at sinabing hindi sila uuwi ngayong weekend dahil uuwi daw sila sa pamilya nila! Magtetext na lang daw sila kapag pauwi na sila! Pinapasabi rin na mamimiss nila kayo!"

Hindi ko na sya pinansin at pumasok na kami ni Maxrill sa bahay. Pinaupo ko sya sa sofa at kinuhanan ng maiinom.

"Oh e akala ko ba pupunta ka kanina sa school??" sarkastikong tanong ni Naih sa Ate nya.

"Ahh yeah.. Tinawagan ako ni Norie at nagyaya'ng gumala.. Galing syang Singapore kaya naman nakipagkita ako.. binigyan nya ako ng bag yiiiieeee---"

"Buti naman.."

"What!?"

"Wala.."

"Oh e kumusta naman ang laro ng Deib ko??"

"Wow ah?! Lakas maka-Deib *'ko'* ah?! Hahahaha.. subukan mong sabihin sa kanya yan.. ewan ko lang kung hindi ka kantiin nun!"

"K-Kantiin!? What is that!?" maarte'ng tanong na naman ni Yaz.

"Tanong mo sa Google!"

"Whatever! Yiiiieeee!!! Hehehehe! Hinanap nya ba ako ha!? Ha?!"

"Asa!!!"

"Psh! Ano nga!?"

"Malamang hindi!"

"Psh.. liar! E bakit tinatanong mo ko kung bakit hindi ako pumunta!?"

"Naalala ko lang! Wag kang assuming!"

"Oh e anong oras naman ang laro nya bukas?? Bukas pupunta na talaga ako.. "

"Sa umaga ang laro nya.. bukod don wala na.."

"Anong oras??"

"Hindi ko alam.. tanong mo kay Max.."

"Bakit sakin??" biglang sabat ko.

"Hindi mo ba alam?" tanong sakin ni Naih.

"Kung anong oras ang laro nya? Hindi.."

"Ahh.. basta ang dinig ko kay Lee ay Morning."

"Ahh.."

Hindi na ako nakinig pa sa usapan nila at bumaling na lang ako kay Maxrill.

"Baekopa?" tanong ko sa kanya.

Translation: Hungry?

"Ye.." nakangiting sagot nya pa. Nginitian ko naman sya at saka niyaya sa kusina.

Translation: Yes..

"San kayo punta?!" tanong ni Naih.

"Nagugutom daw si Maxrill.. may makakain ba dyan??" tanong ko na tumingin kay Yaz.

"Ahh.. yeah.. I cooked sweet and sour chicken... hehehehe.."

"Kumain ka na ba??"

"Nope.. not yet.. I was waiting for you.." nakangiting sagot nya pa.

"Ahh.. sige sabay sabay na tayo.." sabi ko at saka pinaupo si Maxrill sa dining area.

Sumunod naman sakin si Naih para tulungan akong maghain.

"Ayos rin palang nandito 'tong asungot na 'to e.. nababawasan ang trabaho ko hehehe.." tatawa tawang bulong sakin ni Naih.

"Tss.. Loko.." nakangiting sagot ko at tumawa naman sya. **"Bukas nga pala ay aalis ako.."**

"Ha?! Saan ka pupunta??"

"Inuutusan ako ni Lolo.."

"Bukas na agad??"

"Mmm.."

"Saan!?"

"Sa Palawan.."

"Ha!?"

"Mmm.. Inutusan ako ni Lolo na asikasuhin yung mga business ni Lola don, tsk.. wala akong magawa kasi andami na agad sinumbat, nagdadahilan pa lang ako.. Tss.. Gusto mong sumama??"

"Ha?! Talaga?!"

"Mmm.. Kasama sina Maxwell at Maxrill.. pero may isang ticket pa at sabi ni Lolo ay pwede akong magsama ng isa.."

"Woooowww!! Sigeeeee!"

"Okay.."

"Pero teka.."

"Oh??"

"Bakit ako ang isasama mo??" taas-kilay pang tanong nya.

"Bakit naman hinde??"

"I mean.. ako ba talaga ang unang pumasok sa isip mong gusto mong isama??"

"O-Oo naman.."

"Ows??"

"Tss.. Oo nga!"

"E bakit hindi mo subukang yayain si Deib??"

"Tss.. bakit ko naman gagawin yun!?"

"Why not!? Di ba!? I mean.. kung talagang willing kang kalimutan si Randall e.. hindi ba't magandang moment yun para sa inyong dalawa?!"

"A-Ano bang sinasabi mo dyan!?"

"Kasi di ba, gusto mo kamong makalimutan si Randall sa pamamagitan ni Deib.. e bakit hindi mo gamiting 'tong moment na 'to para maisakatuparan mo yun?!"

Naiintindihan ko ang point nya pero hindi ko maintindihan kung bakit bukas na agad?! Tsk! Parang ang bilis naman!

"Hindi na.. ikaw ang gusto kong isama e.." biglang sagot ko.

"Okay heheheheh.. pero okay lang talaga sakin kung magbabago ang isip mo't si Deib na lang ang isama mo.."

"Hindi na magbabago ang isip ko.."

"Ikaw bahala.. Sayang rin yun.."

"Ang alin??"

"Yung moment mong makasama si Sensui ng solo---ano ba!"

"Tss.. halos araw-araw ko ng kasama.. sosolohin ko pa??"

"Why not?! Getting to know each other Stage!"

"Tss.. hindi na kailangan.. nakita ko na yung bad side nya at okay na sakin yun.."

"Hahahahaha bahala ka nga! Sige sige.. sasama ako hehehe.. Hayaan mong maiwan si Ate mag-isa dito bwahahahahaaha!"

"Loko.."

"E teka.. ano nga palang naisip ng Lolo mo't ikaw ang nautusan ngayon!?"

"Tss.. ang totoo ay hindi ko rin alam kung bakit ako ang inutusan nya kung pwede namang si Maze na lang.. si Maze naman lagi ang umaasikaso sa lahat ng pinagkakaabalahan nila.."

"Kung ganun.. okay na okay na talaga kayo ni Chairman Moon ano??"

"Siguro.."

"Galing naman hehehehe.."

"Bilisan mo na dyan.. gutom na rin ako.." sabi ko at saka iniwan sya sa kusina at pumunta sa dining table at inalatag ang pagkain doon.

Nagkwentuhan kami ni Yaz tungkol kay Maxrill habang kumakain at wala pa ring awat sa pagbabangayan ang magkapatid. Nabanggit rin namin ni Naih ang tungkol sa lakad namin papuntang Palawan kaya naman nalungkot si Yaz na maiiwan syang mag-isa dito.

Nung matapos kami ay niyaya ko na sa taas si Maxrill..

Nilibot nya ang kabuuan ng kwarto ko at panay ang tanong na sinasagot ko rin naman. Matapos nyang magpahinga ay naligo na sya at ganon rin naman ako at saka kami nahiga sa kama ko.

"Geu sarami.. juahe??"

Gulat akong nilingon pa si Maxrill nung bigla syang magtanong..

Translation: That guy.. do you like him?

"S-Si Deib??"

"Geu ireum geu inga? Molla.." nakangusong sagot nya pa.

Translation: Is that his name? I don't know..

"Y-Yung humarang kanina sa daan natin?"

"Mmm.. the one who kissed you.."

Hindi ako nakasagot!

"Do you like him??" dagdag tanong nya pa.

"M-Molla.." sagot ko.

Translation: I don't know..

"Wae molla??" takang tanong nya.

Translation: Why you don't know?

"Kibuneul, moreugesseo.. Hindi ko maintindihan ang nararamdaman ko.."

"Wae??"

"Molla.. Molla.. Molla.. Nan jeongmal mereugesseo.." napapabuntong-hiningang sagot ko. **"Wae mureo??"**

Translation: I don't know.. I don't know.. I don't know.. I really don't know.. Why are you asking??

"Keunyang.." nakangiting sagot nya. **"Nevermind.."**

Translation: Just because..

"Tss.."

"Goodnight.."

"Jalja.."

Translation: Sleep well..

Nabigla talaga ako sa tanong nya. Pero alam ko namang wala lang yun sa kanya. Natulog na rin ako maya maya..

• K • I • N • A • B • U • K • A • S • A • N •

DEIB'S POV

"Good morning handsome!!!" bati kong muli sa sarili ko sa salamin!

Pagbangon ko hanggang sa pagpasok ko ng banyo ay nakangiti pa rin ako at hindi ko talaga maiwasan..

Excited akong makita na si Taguro at excited akong ibigay sa kanya ang mga Stick-O at Yakult na binili ko..

Sana talaga ay magustohan mo hehehehehehe..

Mabilis akong kumilos para maligo at maya maya lang ay pababa na ako..

"Good morning everyone!" nakangiting bati ko sa lahat!

"Mukhang maganda ang tulog ng binata ko ah??" nakangiting salubong sakin ni Dad!

"Good morning handsome.." bati sakin ni Mom.

"Magandang umaga Deblor.." si Manang.

"Psh.. Parang kagabi lang umuusok ang ilong mo sa galit tapos ngayon.. tsk tsk.. Maupo ka na!"

Epal...

Naupo ako at kumuha agad ng breakfast.

"Kakain na po ako ahh??" nakangiting tanong ko pa sa kanila at nakangiti naman silang pinanood akong kumain ng pasta.

"Galingan mo sa game mo baby ha??" si Mom.

"Of course Mom.." sagot ko na nakangiti habang ngumunguya.

"Kahit na hindi mo sabihin yan Mommy, gagalingan nya yan.. pusta ko.." si Noona.

"Hahahahaha inspired nga pala ang baby ko.. yiiieee.."

Excited na akong makita si Taguro.. nagbreakfast na kaya sya???

"M-Mommy.."

"Mmm??"

"Meron pa nito??" tanong ko habang nakaturo sa pasta ko.

"Oo marami pa.. bakit??"

"Magdadala ako.." nakangiting sagot ko.

"Para sayo??"

"Para sa mahal ko.. hahahahaha.."

"Yiiiieeeeee!!!! Sige sige sige.." nakangiting sagot ni Mom at nagtawanan naman kami.

"Yan.. Pasta ang ipakain mo! Hindi yung umi-Stick-O ka---"

"Ano ba!" inis na sigaw ko kay Noona!

"J-Joke lang e.."

"Dein.. tigilan mo ang kapatid mo't may laro iyan.." singit ni Manang.

"Psh.. asa Manang! Yan pa?! Nakoooo--"

"Tama na yan.." sabat ni Mom.

"Akina lahat 'tong bacon ah?? Ayaw mo naman e.." nakangiting sabi pa ni Noona.

"A-Anon ayaw?! Gusto ko rin yan!" sigaw ko sa kanya!

"E andami na dyan sa pasta mo oh!"

"Gusto ko pa e!"

"Tama na yan!!!"

"A-Ang damot mo ah! K-Kagabi binigyan kita ng Stick-O ah!"

"Hehehehehe o sige sige.. oh eto.. isa.."

"Bakit isa lang!"

"Oh.. dalawa.."

"Tch! Kadamutan mo! Tumaba ka sana!"

"Spell ASA, brother?!"

"Tch!"

Minadali kong kumain at maya maya lang ay natapos na ako.

Kinuha ko sa ref yung mga Yakult at kinuha ko sa cabinet yung mga Stick-O at inilagay ko sa paperbag.

Maya maya lang ay handa na ako.

"Papasok na po ko.." nakangiting paalam ko sa lahat.

"Sige sige sige.. Mag-ingat ka.. galingan mo ha?? Yiiiiee! Hwaiting!!!" si Mom.

"Break a leg, son.." si Dad.

"Oh e magmagaling ka doon.." si Manang.

"Alam mo na.." si Noona.

"Una na po ko.. Bye bye.." nakangiting kaway ko pa at saka dumeretso sa kotse ko.

Tinignan ko pa ang sarili ko sa salamin..

Haaayyy sa wakas.. ilang oras rin kitang hindi nakita ah!

Ini-start ko ang kotse ko at pinindot ang music player ko..

~TEN... TEN TENEN TENEN.. TENENENEN TEN TEN.. TENENENNENENEN.. TEN! TEN!~

♫ ♪ 'You tell me you're in love with me.. that you can't take your pretty eyes away from me.. It's not that I don't want to stay.. but everytime you come too close I move away.. I wanna believe in everything that you say.. Uh 'cuz it sounds soooo good.. But if you really want me.. move slow.. There's things about me you just have to know.. Sometimes I run, sometimes I hide.. Sometimes I'm scared of you.. but all I really want is to hold you tight.. Treat you right.. Be with you day and night.. Baby all I need is time..' ♪ ♫

Kahit mukhang tanga ay nakangiti kong pinaandar ang kotse ko..

Mmmmm... Mmmmm... Mmmmmm!!!!!

Mula sa rear mirror ay sinilip ko pa ang mga Stick-O na para kay Taguro...

Sana magustohan mo.. hehehehehehe..

At hindi nga nagtagal ay nasa SIS Parking Lot na ako..

Mabilis kong sinipat ang sarili ko kung may nagbago sa itsura ko at nung wala naman ay agad akong bumaba at tinignan ang parking ni Taguro..

Yesssss!!!

Nauna akoooo!!! Hehehehehehehe!

Nakangiti akong sumandal sa kotse ko at tumingin sa lugar kung saan sya nagpapark..

Hindi ko talaga maiwasan ang mangiti..

Naiisip ko pa lang na magugustohan nya ang ibibigay ko.. natutuwa nako hehehehehehe.. Ano kaya'ng magiging reaksyon nya?!

Nakatingalang ngumiti pa ako sa mga puno..

MAX'S POV

"Max.." si Naih. Nilingon ko naman sya habang nagsisintas ako ng sapatos.

"Oh??"

"Si Maxwell.." sabi nya na iniabot sakin ang cellphone nya. Inabot ko yun at saka sinagot.

"Oh??"

"Hey.. kasama mo si Maxrill??" si Maxwell.

"Oh.."

"Pinagpaalam mo ba yan sa bahay??"

"Oh.."

"Tsk.. bakit hindi daw alam ni Mommy?!"

"Eh?! Kumuha pa nga sya ng gamit don kagabi!?" sagot ko.

"Tsk.. loko talaga yun si Mom.. Hindi bale.. isabay mo na pagpasok mo, nandon sila Mom at Chairman.."

"E si Mokz?"

"Paparating pa lang.. Ihatid mo muna sa kanila sa Maxrill ha??"

"Sige.."

"Alam mo namang kailangang parating kabunton ni Mommy yan.."

"Tss.. sige.."

"Sige.."

"Bye.."

"Ingat kayo.."

"Thanks.."

"Bye.."

Maya maya pa ay ready na kami.

Mabilis kaming kumilos palabas at nung nasa motor na kami..

"Wait for meeeeee!!!!"

Sabay kaming napatingin ni Naih mula sa pagkakasakay sa mga motor namin dahil sa malakas na sigaw ni Yaz.

"Oh Ate?! A-Ano yan!?" gulat na tanong ni Yaz.

"S-Sasama ako! Sasama ako!!!" sigaw nya habang iika-ikang isinusuot ang sapatos nyang nuknukan sa taas ng heels!

"Anong sasama?!" inis na tanong ni Yaz.

"Sasama ako sa SIS! Ano ba?! Hindi ba't hindi ko napanood si Deib my loves kahapon?! Ngayon ko sya papanoorin! Alalayan moko.. Alalayan mo ko!" sigaw ni Yaz na iniaabot ang kamay nya kay Naih!

"Nababaliw ka na ba?!" si Naih ulit. Nanatili lang kami ni Maxrill na nakatingin sa kanila.

"W-What!?"

"Anong gagawin mo don?!"

"Manonood! Duh!?"

"Tsk! Nakakainis ka namin e! Magtaxi ka na lang!"

Loko'ng 'to hahahahahah..

"H-Hello!? Nagmamadali here?! Duh!?"

"Hello?! Ayaw kang makasama here??!"

"U-Ugh! Zarnaih please!" inis na sigaw ni Yaz!

"Sige na! Pownyeta!"

"Papayag rin pala andami pang sinabi!"

"Sumakay ka na at wag kang kumapit! Para bago makarating don, mahulog ka na!"

"How dare you!"

"Wag ka ng umarte! Ilaglag kita dyan e!"

"Ang laki laki naman kasi nitong motor mo e!"

"Mas malaki ang taxi.. gusto mo!?"

"H-Hindi na hehehehe.. let's go?"

"Peste!"

Inis na tumingin sakin si Naih na halatang napikon talaga..

Kaya naman, nginitian ko lang si Maxrill at pinaandar ko na ang motor ko..

Sa kalsada..

"Zarnaih! Please slow down! Nagmamadali ka ba!" dinig na dinig kong sigaw ni Yaz!

"Shut up okay!? I'm focusing!"

"Slow down!"

"Fine!"

Inunahan ko na sila..

~BROOOOOOOOOM!~

Ilang minuto lang rin ay nasa SIS na kami..

Mabilis na bumaba si Maxrill at sumunod naman ako sa kanya.

"Oh.. geu saram.." si Maxrill.

Translation: Oh.. that person..

"Nugu?" tanong ko.

Translation: Who?

"Deib.."

Tinignan ko kung saan sya nakatingin at nakita ko nga si Sensui..

Mukhang tangang nakangiti..

Mag-isa?!

WTF??

"Hold this.." utos ko kay Maxrill, pinahawak ko sa kanya ang tako ko.

At saka ako naglakad dahan dahan pumunta sa kinatatayuan nya..

Anong nangyayari sa kanya?!

Nakangiti sya habang nakatingin sa lupa..

Taka naman akong tinignan yung tinitingnan nya..

Dyan ako nakapark kahapon ah??

"Hoy.." mahinang usal ko at parang nagulat pa sya at saka dahan dahang lumingin sakin at saka ngumiti. Natawa naman ako ng bahagya. **"Anong ginagawa mo dyan?"** tanong ko pa at mas tumindi naman ang pagkakangiti nya sakin. Taka naman akong tumingin sa kanya.

"G-Good morning.." mahinang sagot nya.

"Good morning.." pormal na sagot ko.

"H-Hinihintay talaga kita.. Saan ka nagpark??" tanong nya na lumingon pa at saka ko itinuro ang motor ko. **"A-Ahh hehehe.. A-Akala ko kasi dito ka ulit magpapark.."**

Kaya ba sya nakatingin don??

Hanep sa trip..

"A-Ahh hehehe.. may ibibigay nga pala ako sayo.." mahinang sabi nya at saka tumalikod papunta sa harap ng kotse nya. Napahinto sya nung makita nya si Maxrill na nakatingin sa kanya. **"A-Ahh hehehe.. Jeoun Achim.."**

"Ah y-ye.. Jeoun achim.." sagot ni Maxrill. At saka nagtuloy si Deib papunta sa driver's seat.

Translation: Good morning..

Tinignan ko si Sensui sa ginagawa nya mula sa kinatatayuan ko at natanaw ko kung paanong inabot nya mula sa driver's seat mula sa likod ang isang paperbag..

Hindi na lang kasi yung likod ang binuksan.. tsk tsk.. Ang utak talaga.. Ano na naman kaya yun?

Nung makalabas sya ay tumingin ako sa paperbag na dala nya at saka dahan dahang tumingin sa kanya. Ayun na naman yung naglalakihang mga ngiti nya.

"A-Ahh.. Nakalimutan ko kasing ibigay sayo 'to kahapon.. Hehehehe.. andami kasing dumating e.." mahinang usal nya at saka muling lumapit sakin.

"Ano 'to?" tanong ko.

"Buksan mo.." nakangiting sagot nya.

Inabot ko naman yun at saka ko dahan dahang pinaghiwalay ang dalawang hawakan..

"A-Ano 'to?!" gulat na tanong ko!

"A-Ano ka ba---ang tanga mo naman.. paborito mo yan tapos hindi mo alam??" natatawang tanong nya.

Hanep maka-tanga ah?! Aga aga.. tss..

"A-Alam ko kung ano 'to pero.. b-bakit may ganito??"

"Hahahahaha! Syempre! Kung anong paborito mo.. ibibigay ko----"

"Deeeeeeeeiiiibbb!!!!"

Sabay kaming napalingon sa pinanggalingan nang malakas na sigaw na yun at natanaw namin si Yaz na kumakaway habang papalapit ang motor ni Naih sa Parking.

"W-What is she doing here?!" gulat na tanong ni Sensui, salubong na salubong ang kilay nya nung tumingin sya sakin.

"Gustong sumama e.. panonoorin ka daw hehe.." sagot ko.

"W-What!?" inis na tanong nya pa at saka muling lumingon kay Yaz na kasalukuyang kasabay si Naih na naglalakad na papalapit samin.

"Bakit ang tagal nyo naman?" tanong ko nung makalapit na sila samin.

"Eto'ng letseng 'to ang daming arte! Wag daw mabilis ang king ina! Malelate ka na't lahat umaarte pa! Umalis ka nga sa tabi ko!" sigaw ni Naih sa Ate nya na inismiran lang sya at saka nakangiting lumapit kay Sensui na mabilis namang inilagan sya.

"Hi Deib.." si Yaz.

"I-Ikaw na naman??" inis na sagot ni Deib sa kanya.

"Oh my God naalala mo ko?!"

Abnoy rin..

"Tch.."

"Yiiiieeee.. nandito ako para panoorin ka.." si Yaz ulit.

"O-Oo sige.." parang walang ganang sagot ni Sensui sa kanya.

Ngingisi ngisi naman akong naglakad na papalapit kay Maxrill at saka niyaya si Naih.

"H-Hoy! S-San ka pupunta!?" habol sakin ni Sensui.

"Papasok na.."

"H-Hindi mo ba ako hihintayin!?"

"E may bisita ka pa e hehehe.." biro ko.

"Tch! A-Ano ba kasing ginagawa nyan dito!?" bulong nya.

"Panonoorin ka nga.."

"E w-wag mo kong iwan.."

"Halika na.." yaya ko sa kanya munit naglakad na kami at naiwan pa rin sya.

Dinig ko pa ang pagsara ng pinto nya at ang pagtakbo nya papalapit samin.

"D-Deib! Wait for me!" dinig ko ring sigaw ni Yaz.

"Badtrip naman 'to si Ate e.. hindi na nahiya! Sya pa naghahabol sa lalake!" inis na bulong sakin ni Naih.

"Hayaan mo na.. madalang naman silang magkikita nyan.." sagot ko.

"Yun ang akala mo! Kapag may type yan.. hindi nya talaga nilulubayan!"

"Hahaha.. tignan natin kung makatiis sya kay Sensui.."

"Grabe ka talaga.. pinapamigay mo si Sensui.."

"Hanep.."

"Bakit? Hindi ba!?"

"Alangang angkinin ko!?"

"Heheheheh.. pwede rin.."

"Tss.."

"H-Hoy Parrot.. kausapin mo nga 'tong kapatid mo----Ano ba! Bumitiw ka nga sakin!" sigaw ni Sensui kay Yaz nung tuluyan na silang makalapit samin.

"Hoy Ate! Tigilan mo nga si Deib! Mahiya ka naman!"

"Shut up!"

"Tigilan mo na si Deib!"

"Manahimik ka nga Zarnaih!"

"Wag mo yan dito gawin.. pwede?! Nakakahiya ka!"

"Whatever! Hihihihihihi.. Deeeeiibb sige na kasii-----"

"H-Hindi kita type okay!?" inis na sigaw ni Sensui sa kanya.

"Fine.. but I still like you! Hihihihi kaya sige na! Sabay na tayo!!"

"Ano ba'ng sinasabi mo dyan?! B-Bitiwan mo ko sabi!"

"Dali naaaaa----"

"Ayoko nga!"

"Deeeeiiibb!"

"A-Alis nga dyan!"

"Yaz.." singit ko at sabay naman silang napatingin sakin. **"Tigilan mo na.."** nakangiting sabi ko at nakinig naman sya.

"Oh narinig mo yung sabi ng Misis ko!?" mayabang na tanong ni Sensui kay Yaz.

Napahinto ako at inis na tumingin sa kanya!

"A-Ah hehehe s-sabi pala ni Taguro.." napapahiyang bawi nya.

Hindi ko na sila pinansin at inis na nagtuloy sa paglalakad. Mabilis namang sumunod sakin si Sensui at kinuha ang paperbag na ibinigay nya sakin.

"Akina ako na magdadala nyan.." nakangiti pang sabi nya.

"Psh! Hindi ka magugustohan nyan ni Pein kaya sakin ka na lang!" dinig ko pang sigaw ni Yaz pero wala namang pumansin sa kanya.

"Manahimik ka na nga Ate! Nakakahiya ka naman e! Bakit ba kasi sumama ka pa dito!"

"Gusto kong makita si Deib e!"

"Kaso nga.. ayaw nya sayo! Hindi ka na nahiya.. ikaw pa dumidikit sa kanya!"

"Dahil yan ang paraan ko para makuha ang gusto ko hihihihihi.."

"Oo at pati ako pinapahiya mo!" sigaw ni Naih at nakangusong napatahimik na lang si Yaz sa tabi nya.

Ramdam kong naiinis si Naih pero wala syang magawa..

Ramdam ko ring naiilang si Sensui pero wala rin syang magawa..

Ramdam ko naman ang kawalang-pakialam ng kapatid ko..

At ramdam ko rin ang pagkapahiya ni Yaz..

Nanatili kaming tahimik lahat hanggang sa marating namin ang hallway kung nasaan ang mga room namin.

"Ihahatid na muna kita sa room nyo.." bulong sakin ni Sensui at tinanguan ko naman sya.

"Ang laki pala nitong SIS?!" biglang singit ni Yaz na pumagitna samin ni Sensui. Hindi ko naman sya pinansin. **"Dito kayo dati di ba??"** tanong nya sakin at tinanguan ko naman sya. **"Mmm.. sayang.. ang ganda pa naman dito.. Pero dito pa rin yung ex mo?? May feelings ka pa rin don sa ex mo di ba?! Anong feeling makita ulit sya?? Hihihihi.."**

"H-Hoy Ate!" si Naih.

"What!? You know what?! Ang epal mo!"

"I-Ikaw ang epal dyan e! Halika nga dito!" hinila sya ni Naih papunta sa likod at bumulong sa kanya.

Hindi ko na sila pinakinggan at pinakiramdaman ko si Sensui..

Natahimik sa bigla at nakakailang ang itsura nya habang naglalakad kasabay ko.. Hindi ko na sya pinansin at nagtuloy na lang rin sa paglalakad ko..

Nung marating namin ang room..

"Naks.. bakit kayo magkasama ah!?" si Migz habang nakaturo saming dalawa ni Sensui.

"Yiiiiieeee! OMG!!!!" si Michiko.

"Aww ang taray.." si BJ.

"Nice brad.. wag mo ng iiwan para hindi nawawala sa paningin mo yan.." biro ni Josh kay Sensui na nginitian lang naman sya at saka blangko ang mukhang bumaling sakin.

"M-Mmm.. m-maiwan na kita.. pupunta na ako sa room namin.. may laro ako e.." parang walang ganang sabi nya sakin at nakaramdam naman ako ng pagkailang.

"Sige.." maikling sagot ko at mabilis naman syang tinalikuran ako.

Tatalikod na sana ako nung biglang bumalik sya..

"H-Here.. i-ikaw na bahala kung kakainin mo o i-ipapamigay mo sa mga kaibigan mo.. S-Sige.." mabilis na usal nya na inilagay pa sa kamay ko ang paperbag na ibinigay nya kanina..

"Anong nangyari dun??" bulong pa sakin ni Migz pero nagkibit-balikat na lang ako sa kanya. **"E ano yan??"** turo nya sa paperbag na bitbit ko.

"Oo nga! Ano yan!? Woooowww ah hahaha.." panunukso ni BJ.

"Patingiiiinnn!!!!" si Michiko.

"Op.. Op.. Ako unang titingin.." si Naih.

Pahigit nyang kinuha ang paperbag sakin at saka mabilis na binuksan yun!

"Stick-O.. at Yakult..?????" takang tanong ni Naih at saka nilingon ako. **"Bigay nya 'to!?"** tanong nya at tumango naman ako. **"Para sayo!?"** tanong nya ulit at tumango ulit ako. Napaisip sya saglit at saka muling tumingin sakin at saka tumawa. **"Hahahahahahahahaha!"**

"Bakit?!" sabay sabay nilang tanong maliban samin ni Maxrill na nakatingin lang sa kanila.

"Ang sweet naman ni Sensui.. hehehe.. naisip nya pa 'to!?" tanong pa ni Naih.

"Bakit ano ba yan teh?!" si BJ.

"Paborito ni Max 'to.."

"Yieeeeeeeeeeeee!!!" panunukso nilang lahat maliban kay Yaz na nakangusong nakatingin sakin!

"Ang sweeeettttt!" si Michiko.

"Akina yan.." pahigit na sabi ko at saka ngumiti sa kanila.

"Yiiiiiiiieeeeeeeee!!!!" panunukso na naman nila.

"Pahingi naman teh!" si Migz.

"Honga! Matikman man lang ang katas ng Enrile!" si BJ.

"Kyaaaa!!! Patikim rin ng sweetness ni Deib!" si Michiko.

"Panghimagasss!!!" si Naih.

"Pengeeee!" sina Josh at Jigz.

Nginitian ko lang sila at saka lumapit sa locker ko at nakangiting ipinasok yun don..

"Ang akin.. ay akin lamang.." nakangising sagot ko sa kanila at saka inakbayan si Maxrill at lumabas kami ng room.

Dinig ko pa ang paghabol nila samin pero hindi ko na sila pinansin..

"Your Mom is waiting for you.. I'll take you there.." mahinang usal ko at lumingon naman sya sakin.

"Oh.. okay.."

"Nagpaalam ka ba kagabi?"

"Mmm.."

"Kay Maze??"

"Ani.."

"Eh!? Bakit hindi mo sinabi??"

"She's not there.."

"Ha? Nasan sya??"

"Molla.."

Kaya naman pala hinahanap ka.. Tsk.. yari na naman ako..

Translation: Ani is No.. Molla is I don't know..

"Aalis tayo mamaya.." nakangiting sambit ko sa kanya at tumingin naman sya sakin. **"Alam ni Chairman ang tungkol don kaya paniguradong alam rin ng Mommy mo.."**

"Where?"

"Palawan.."

"Eh??"

"Basta.. ihahatid na lang muna kita sa kanila.. Sila na ang bahalang magsabi sayo.."

"Arasseo.."

"Destinnyyyy!!!"

Gulat akong napalingon sa pinanggalingan ng boses na yun!

"Destiny hahahahaha! Sa wakas nakita rin kita!!!" tuwang tuwang sagot nya.

"Kev.." seryosong usal ko ng pangalan nya.

"Aaaahhhh hahahaha sarap sa pakiramdam pakinggan ng boses mo!"

"Kumain ka na??"

"Kanina pa.."

"Ako hindi pa e.. may laro ka??"

"Wala.. ikaw??"

"Meron.. pero hapon pa.. Nood ka ah!?" nakangiting tanong nya at umiling naman ako.

"May lakad ako e.."

"Ha?! Saan?!"

"Somewhere.."

"Hindi pwedeng malaman??"

"Pwedeng hindi sabihin??" nakangiting tanong ko rin.

"Hahahahah sige.. may tiwala naman ako sayo e hehehehe.."

"A-Ahh.. k-kasama mo ba sya??" biglang takang tanong nya habang nakaturo kay Maxrill na iniiwas ang tingin sa kanya. **"B-Bakit kayo magkasama??"**

"Ihahatid ko sya.."

"Ahh talaga?!"

"Mmm.. sa Mommy nya.."

"A-Ahh.. h-hindi ko alam na kilala mo pala sila.."

"Anong ibig mong sabihin sa *'sila'*?" malumanay na tanong ko na hindi ipinahalata ang interes ko.

"A-Ahh hahaha.. n-nevermind destiny.."

"Sya si Maxrill.."

"A-Ahh oo.. kilala ko na sya.."

"Pano?"

"A-Anong pano?"

"Pano mo nakilala??" seryosong tanong ko.

"A-Ahh hehehehe.. m-mayaman kasi sila at kilala sa buong Laguna.. a-ang totoo ay ngayon ko lang nakita ang isa'ng 'to.. w-wala naman rin ako masyadong alam tungkol sa pamilya nila.."

"Mmm.."

"Mga M-Moon sila di b-ba??"

"Mmm.."

"A-Ayun.." parang naiilang na sagot nya.

"Gaja Noona.." biglang sagot ni Maxrill.

"H-Hahahaha a-anon sabi nya??" tanong ni Gonza.

"Let's go Noona.." sagot ko sa kanya.

"Aahh.. anong salita yun?"

"Korean.."

"Oh?? Nakakaintindi ka?"

"Mmm.."

"Noona.." tawag ulit sakin ni Maxrill na parang batang hinihila ng bahagya ang manggas ng jersey ko.

"Hahahaha.. n-nagyayaya na oh??" biro pa ni Gonza. **"Noona daw hehehe.. anong ibig sabihin non?"**

"Ate.." sagot ko at nagulat sya. **"Kapatid ko sya.. nakababatang *'kapatid'* ko sya.."**

Pinagmasdan ko kung paanong nagbago ang itsura ni Gonza.. Simula sa pagngiti hanggang sa pagkagulat.. kitang kita ko lahat..

Sinabi ko naman sayong kilalanin mo muna ako bago ka magbitaw ng kung anu-anong salita sa mukha ko..

"M-Moon ka??" biglang tanong nya sakin. Parang bahagya pa syang namutla at talagang hindi makapaniwala.. Tumango ako sa kanya at mas lalong hindi sya makapaniwala!

Nakita ko kung paanong lumunok pa sya matapos kong sagutin sya.

"Gaja.." parang bata'ng yaya ni Maxrill.

"Mauna na kami.." usal ko at hindi na nakasagot pa si Gonza sakin.

Naiwan syang nakatulala at hindi pa rin makapaniwala..

Gayunpaman.. ang reaksyon nyang yun ay matagal ko ng inaasahan..

"Geu sarameun nuguya??" tanong ni Maxrill.

Translation: Who's that person??

"Aneun saram.."

Translation: Acquaintance..

"Ahh geurae??"

Nginitian ko lang sya at saka hinatid sa Dean's Office kung saan nakita ko si Maze pagkapasok ko pa lang..

"Where have you been!?" galit munit may tono'ng pag-aalalang tanong nya matapos kaming makita. Agad na lumapit si Maxrill sa kanya at humalik. Hindi ko naman narinig ang sinabi ni Maxrill sa kanya. Agad kong iniiwas ang paningin ko matapos syang tumingin sakin. **"Go to Chairman.."** mahinang bulong ni Maze kay Maxrill na agad sumunod sa kanya at saka muling nagtama ang paningin namin. Tinanguan ko naman muna si Maxrill at iniwan ng ngiti. Nung mawala na sya ay saka ako hinarap ni Maze. **"At saan mo naman pinatulog ang anak ko!?"**

Hindi ko sya sinagot.

"Wala ka talagang modo at hindi mo man lang nagawang ipagpaalam sya sakin!? Do you have any idea how worried I am!?"

"Hinatid ko sya sa mansion.. akala ko nandon kayo para makapagpaalam sya pero---"

"You should've called me!"

"I've no cellphone.."

"What!?"

Hindi ko na ulit sya sinagot.

"Sa susunod na isasama mo ang anak ko ay siguraduhin mong ipagpapaalam mo sya ng maayos! Hindi mo alam kung gaanong nag-alala kami kahahanap sa kanya!"

Tss.. sa lakas mo e imposibleng hindi mo nagawang hanapin si Maxrill na nasakin lang.. Engot.. Sinong niloko mo?

"Ahh yeah.. Why would I allow that to happen again!?" sarkastikong tanong nya pa kunwari. **"Tanga na lang ang papayag na sumama sayo ulit ang anak nya.. So I'm telling you, wag mo na ulit isasama si Maxrill kung saan saan at mas lalong lalo na dyan sa bahay mo!"**

"Okay.." maikling sagot ko.

"Ha! Grabe talaga yang ugali mo ano!? Napakabastos mo!"

"This is who I am Maze.. *'Nobody'* said you had to *'like'* it.."

"Get out!" sigaw nya at tinanguan ko naman sya bago ako tuluyang lumabas.

Abnoy..

Inis akong nagtuloy sa paglalakad pabalik sa room..

DEIB'S POV

Nakakainis!

"Oh?? Bakit nakasimangot ka?!" salubong sakin ni Tob nung magkasabay kami papasok ng room. **"Kararating mo lang?!"**

Hindi ko sya sinagot!

"Oh.. ang aga nyo ah??" biglang dating rin ni Lee.

"Hahahaha nagulat nga ako maaga 'to e.." turo sakin ni Tob.

"Oh ikaw? Akala ko ba tutulungan mo sila Michiko??" tanong ni Lee sa kanya.

"Oo tapos na.. kababalik ko nga lang e.. nakasalubong ko 'to.." turo na naman sakin ni Tob.

"Bakit ang aga mo yata Deib??" tanong ni Lee na nag-aayos sa locker nya at naghubad ng jersey nya.

"Hoy! Wala ka na naman sa sarili Enrile!" sigaw ni Tob sakin!

Inis akong ngumuso sa kanya.

"Bakit ganon??" biglang tanong ko.

"Ano yun?!" si Tob.

"H-Hindi ko naman girlfriend si Taguro pero.. n-nagseselos ako.."

Hindi nila ako sinagot.

"Kanina kasi.. may nagtanong sa kanya kung may feelings pa sya don sa ex nya.. Sa mismong harap ko.. tinanong yun sa kanya.. Tch! Nakakabadtrip.." nakangusong sagot ko habang nakatingin sa mga sapatos ko. **"Kaso mas nakakabadtrip yung.. nakakaramdam ka ng selos pero wala ka namang karapatang magselos kasi hindi naman kayo mag-on.."**

"Dre ano ka ba?? Parte ng panliligaw yan.." si Tob.

"Oo nga pero.. nakakabadtrip talaga e.."

"Sino bang nagtanong sa kanya non? Baka hindi alam na manliligaw ka ni Max??" si Lee.

"Si Y-Yaz.."

"Sino yun!?" sabay nilang tanong.

"Ate ni Parrot.."

"Ha?!" silang dalawa ulit.

"Si Yaz.. kapatid ni Parrot! Nandyan kasi yun sa kanila ngayon.. h-habol ng habol sakin.. Tch! Kaning nung makita 'tong SIS e naalala nya si Randall at tinanong kay Taguro! Ang ganda ganda nung simula nung araw ko biglang sinira nya! Tsk!"

"Hahahahaha ano ka ba! Wag kang magselos sa mga ganong bagay dre.." si Tob.

"H-Hindi ko mapigilan e.. kusa kong nararamdaman.."

"Ex na yun e.. Ex na! Ikaw na ang present ano ka ba! Hehehehe.."

"Tch! Buti nga sana kung kami e.. kahit papano masasabi kong may laban ako.. Kaso hindi e.. hindi naman kami!"

"Ayan ka na naman sa mga *'kami' 'kami'* mo e!"

"Tch.."

"Tigilan mo na ang pagseselos mo.." biglang seryosong sabat ni Lee.

"B-Bakit??" takang tanong ko sa kanya.

"Kasi naikukumpara mo lang ang sarili mo kay Randall.. Makikita mo lang kung anong meron sya na wala ka at kung anong meron ka na wala naman sa kanya.. Insecurity ang tawag dun dre.. ang selos kasi para sakin ay dala lang ng insecurities.. Kaya kung ayaw mong matawag ng insecure kay Randall.. tigilan mo na ang pagseselos mo.."

Gusto ko sanang asarin si Lee pero masyado syang seryoso!!!

"Kahit hindi mo maiwasang maramdaman ang selos.. wag kang kumilos na parang bata dahil sa selos.." dagdag pa ni Lee. **"Kasi don natuturn-off ang babae.."**

"G-Ganon ba yun!?" sabay naming tanong ni Tob. Natawa naman bigla si Lee kaya pareho kaming napaiwas ni Tob.

"Wala dre.. Tokshit 'to.." nakangiwi ang ngusong sabi ni Tob at saka tumayo at nagbihis.

Bahala sya sa buhay nya! Tch! Sa ngayon.. maglalaro na lang muna ako..

Manonood kaya sya?!

K-Kahit hindi sya manood.. b-bahala sya sa buhay nya..

Bagsak ang mga balikat na tuluyan akong nagpalit ng uniform panglaro.

Mabilis na tumakbo ang oras at oras na ng laro namin..

Pagkapasok sa court ay mabilis kong iginala ang paningin ko pero wala akong makitang bakas ng isang Taguro.

"Puntahan mo na kasi.." nakangising sambit ni Tob.

"Tch! Bahala sya.. m-manood sya kung gusto nya! H-Hindi ko sya yayayain!"

"Hahahaha ang korni mo dre.. Para yun lang e.. tatablahin mo na agad?! Ano ka?! Boyfriend?! Hahahaha!"

"T-Tch! Manahimik ka nga! B-Bahala sya sa buhay nya!"

"Shhhkkk.. para kang bata Enrile!"

"H-Hoy! Kapag kay Michiko mo naramdaman 'to.. w-wag kang l-lalapit lapit sakin ah!"

"Hindi ipaparamdamam sakin ni Michiko yan!"

"B-Bakit naman?!"

"Dahil hindi nya hahayaang makaramdam ako ng selos hehehehe.. Ganon ako kamahal nun! Papalapit pa lang sakin yung selos.. iiiwas nya na hahahaha! Teka lang.. kunin ko mga wristband.."

Natigilan ako sa sinabing yun ni Tob..

Maaaring biro lang ang dating nun kay Tob pero ang lakas ng dating sakin!

Napaupo ako sa bench at napahawak sa ulo ko..

Badtrip naman oh..

Kailangan ba talagang unti-unti ko pang malaman na hindi nya ako gusto?! Nakakabadtrip!

Maingay na ang Court pero hindi ko pa rin makita si Taguro..

Mabilis na dumating si Coach at ganon na rin ang kalaban..

Nag-umpisa ang laro at halos wala akong gana..

"Deib! Dito!"

"Deib!"

"Oy!"

"Hoy!"

"Ano bang nangyayari dyan!?"

"Enrile!"

"Deib! Pasa!" sigaw ni Tob!

Hindi ko man lang napansing nasa akin pala ang bola!

Mabilis kong ipinasa kay Lee ang bola at nakaramdam naman ako ng kaunting tuwa nung maihulog nya ang bola..

~PRIIIIIIIIIIIIITTT~

Nagpatawag ng break ang kabilang team. Pumunta kami sa bench namin at sinalubong naman agad kami ni Coach!

"Enrile!"

Hindi ako makatingin kay Coach dahil alam kong magagalit sya!

"Ano bang nangyayari sayo!?" galit na tanong ni Coach! **"Nakita mo ng kailangan mong magpasa ng bola bakit hindi mo pa rin ginagawa?!"**

"S-Sorry Coach.."

"Maayos ang laro ng lahat maliban sayo! Anong nangyayari sayo!"

Hindi na naman ako nakasagot!

"Ilang segundo na lang, Traveling ka na!"

"S-Sorry po Coach.."

"Sorry.. Sorry.. Pasalamat ka't hindi tayo naungusan! Kung hindi.. tsk.. Bumalik na kayo don!"

"Y-Yes Coach.." napapahiyang sagot ko.

~PRIIIIIIIIIIIIITTT~

Nagpatung-patong ulit kami ng mga kamay at..

"Leeett's gooo BIS!"

"Kyaaaaaaaa!"

"Yaaaaaaaaa!"

"Yiiiiiiiiieeee!"

"Waaaaaaaaa!"

"Gooooo Deeeiibbb!"

"Let's go BIS!"

"Goooo Big Three!"

"I loveeee youuuu Lee!"

"We love you Tooobbb!"

"Ang gwapo mo Deib!!!"

Mabilis na nagsimula na naman ang laro at parang wala pa rin akong kagana gana..

"Deib!" sigaw ni Lee.

"Deib!" sigaw ni Tob.

"Deib!" sigaw ng kung sino sino pa!

Nababadtrip ako at ramdam kong wala akong ganang maglaro! Alam kong wala si Taguro dito dahil malinaw ang mata ko at mabilis ko lang syang makita!

Parang kusa na lang naglalaro ang katawan ko pero iba ang takbo ng isip ko!

Makakailang tawag pa sila sakin bago ko marinig at mapansin sila..

"Tob! Pasa!"

"Scored!"

"Kyaaaaaaaa!"

"Goooo Tooobbb!"

"We loooove youuu Tooobb!"

Pagkapasa sakin ni Tob ng bola ay mabilis akong humarap sa ring at tumira!

"Kyaaaaaaaaaaa!!"

"Ang galing mo Deeeeiiibbb!!"

"Goooo Deeeiib!"

"Fight! Fight! Fight! Enrile!!!"

Sa kanila lagi na lang may love! Sakin lagi na lang wala! Peste!

Nung mapunta sa kalaban ang bola ay mabilis akong tumakbo para bantayan sya at doon ay nahagip ng mata ko si Yaz..

Buti pa sya nanood.. Tsk!

"Gooooo Deeeiib!!! I looove youuuu!!!"

"Baliw.." bulong ko pa.

"Deeeiib!"

Naihulog nung kalabang binabantayan ko ang bola kaya nakascore sila!

Badtrip!!!!

"Ano ka ba!? Okay ka lang ba!?" inis na tanong sakin ni Lee at sinenyasan ko naman sya.

Alam kong alam nila kapag ganito ako.

NAIH'S POV

"Hoy.." tawag ko kay Taguro nung makita ko syang nakahiga sa may table. Tumingin sya sakin na parang wala lang. **"Anong ginagawa mo dyan?! Naglalaro na sila Sensui oh.."**

"Ahh talaga?" parang walang ganang sagot nya.

"Anong ah talaga?! Bakit hindi ka manood!?"

"Tss.. hindi naman nya ako niyaya e.."

"Kailangan ka pa ba namang yayain!? Matik na yun tuleg!"

"Nag-iisip ako e.."

"Ano na namang iniisip mo?!" inis na tanong ko. Matagal bago sya sumagot at parang nag-isip pa sya.

"Bakit kaya sakin iniutos ni Chairman ang tungkol sa Palawan na yun.."

"A-Ano?!" tanong ko dahil hindi ko sya maintindihan! Mula sa pagkakatitig sa kisame ay dahan dahan sya'ng tumingin sakin.

"Inuutusan nya akong asikasuhin ang business ni Lola sa Palawan.."

"Ahh.. yung sinasabi mong pupuntahan natin!? Mamaya na nga pala ang flight natin di ba!? Excited nako.." sagot ko at tumango naman

sya. **"E ano namang nakakapagtaka don!? Apo ka rin naman nya.. wala naman sigurong masama kung utusan ka rin nya hindi ba!?"**

"Yun na nga ang kataka-taka e.. Sa dami ng pwede nyang utusan.. Bakit ako pa!?"

Oo nga noh?!

Napaisip ako..

Naalala ko kung ano nga pala si Max sa kanila..

Bakit nga ba hindi ko naisip!?

"E-Eh baka naman busy silang lahat at ikaw lang ang available?!" tanong ko.

"Pero hindi pa rin iuutos sakin ni Lolo yun kahit pa wala na syang mautusan.. Alam naming lahat kung gano kaimportante kay Lola ang business na yun.. at ang totoo.. bukod kina Mokz at Daddy ay si Chairman lang ang nakakatungtong don dahil may aasikasuhin.. Ni hindi ko nga matandaan kung ilang beses na akong nakapunta don.. alam ko nakapunta na ako.. siguro nung bata ako.. Pero hindi ko na matandaan.."

"Ibig mong sabihin.. pati sina Maxwell at Maxrill hindi pa nakapunta don?!?"

"Si Maxrill hindi pa.. si Maxwell.. alam ko nakapunta na sya.."

"Oh e ikaw bakit hindi mo matandaan!?"

"Hindi ko na matandaan e.. masyado ng matagal.. Pero isang bagay ang sigurado ako.."

"A-Ano!?"

"Sa pinagkakatiwalaang tao lang yun iuutos ni Chairman.."

"H-Hindi ko maintindihan.." sagot ko.

"Pakiramdam ko ay hindi nya kayang ipagkatiwala kay Maze ang resort sa Palawan.."

"Talaga?! Bakit mo naman nasabi??"

"Kasi nga.. kung tutuusin ay si Maze ang mas dapat nyang utusan kesa sakin.. pero ako pa rin ang inutusan nya.. Tss.."

"Oo nga ano!?" gulat munit masayang sabi ko. **"E-Edi kung ganon.. m-may tiwala na talaga ulit sayo ang Lolo mo?! Astiiiig yan Max!"** masayang sagot ko at hindi nya na ako sinagot. Ngumiti lang rin sya at saka agad na sumeryoso rin..

"Teka.. wala ba kayong laro!?"

Sabay kaming napalingon ni Max mula sa pinanggalingan ng boses na yun!

Nakaramdam ako ng inis nung makita ko si Ate!

"Tapos na ang laro nila Deib! Kyaaaaa!!!" biglang tili nya. **"Ang galing galing nya grabeeee!!!"**

"Oh? Sinong nanalo?!" tanong ko.

"Sila Deib.."

"Galing hehehehe!"

"Bakit hindi kayo nanood?!"

"E kasi 'tong si Max.. nag-eemo.. Badtrip!"

"Ano ba yan! Oh e wala nga ba kayong laro!? Panonoorin ko rin!"

"W-Wag na! Umuwi ka na!"

"Wala kaming laro.."

Napatingin kaming muli sa pinanggalingan ng boses na yun at nakita ko si Josh.

"Bakit?!" tanong ko.

"Wala tayong laro.. lahat ng slots ay para sa ibang schools.. Badtrip! Ano 'to!? Attendance lang?! Korni.." si Jigz.

"Hala.. ano ba yan!" inis na sagot ko.

"E wala naman pala kayong laro e! Uuwi nako! Wala na rin daw laro sila Deib e hehehehe.. ano kaya kung yayain ko na lang syang magdate?! Yiiiieee masaya yun!"

"Hoy Ate! Mahiya ka nga! Lalaki pa ang niyayaya mo! Hindi ka nga gusto ni Deib okay?! May gusto na syang iba!"

"Kaso nga Zarnaih.. hindi sya gusto ng tao'ng gusto nya! Hahahahaha!"

"S-Shut up.." naiilang na sagot ko sa kanya nung makita kong umiba ang mukha ni Max at saka dahan dahang tumayo. **"S-San ka pupunta?!"** tanong ko pa sa kanya.

"Magpapaalam na ako kung pwede ng umuwi.. Maghahanda pa ko ng gamit ko.." sagot nya at saka nagderederetso palabas.

"San ang punta nun?!" tanong sakin ni Ate na nakaturo pa sa pinanggalingan ni Max.

"Ahh.. pupunta kami mamaya sa Palawan.." nakangiting sagot ko.

"Whaaaat!?"

"Yes.."

"Anong gagawin nyo don!?"

"Secret!"

"OMG! Edi maiiwan ako mag-isa sa bahay!?"

"Who cares? Pwede ka namang gumala kung gusto mo.. Psh.." inis na sagot ko.

"E bakit hindi nyo na lang kaya ako isama di ba?!"

"Okay ka lang!? Family matters ang ipupunta namin don at hindi ka pwede don! Baka magalit pa yung Lolo ni Max.."

"Aishhh nakakainis naman! Bakit hindi mo sinabi!?"

"Bakit ko sasabihin?! At sayo pa talaga ah!? Stop me!"

"I hate you!"

"I hate you more!"

"Hahahaha ang cute nyong magkapatid!" si Josh.

"Sya ang cute.. maganda ako!" sagot ni Ate sa kanya at saka padabog na lumabas ng room at hindi ko na sya pinansin.

Lumabas rin ako ng room at saka tumingin sa paligid..

San na kaya pumunta yon!?

Tinignan ko kung makikita ko si Max..

"Hey.."

Gulat akong napalingon sa tagiliran ko at nakita ko si Lee.

"O-Oh.. andyan ka pala.." kunwaring sagot ko.

"Bakit hindi kayo nanood?"

"Nang?!"

"Nang game namin.."

"Ahh.. nanood ako nung una.."

"Nung huli??"

"H-Hindi na e.. kinausap ko kasi si Max.. nanalo naman daw kayo e.. Congrats.."

"Mmm.. andun nga Ate mo e.."

"T-Talaga? N-Nameet mo na pala sya.."

"Not actually.. tinuro lang sa sakin ni Migz.."

"I s-see.."

"Maganda pala Ate mo e.."

"O-Oo nga.."

"Wala ba kayong game??" nakangiti pang tanong nya.

"H-Hindi ko alam e! Sabi ni Josh wala daw dahil lahat nung slots ay napunta sa ibang schools kaya hindi kami napasama sa sched! Kaya nga baka umuwi na kami ni Max dahil *'wala'* na rin namang saysay

kung mag-i-stay ako dito.. *'Wala'* akong ganang manood.. at *'wala'* naman akong dapat panoorin.." pagdidiin ko pa.

"Baka may laro pa kami mamaya.. pwede mo naman yung panoorin.."

"H-Hindi na.."

"Bakit naman??"

"E bakit hindi mo na lang yayain yung kapatid kong maganda!? Para may audience impact ka?! Psh! Alis nga dyan!" inis na sigaw ko sa kanya at saka naglakad papaalis.

Sya pala maganda e.. bakit ako nilapitan nya!? Para ke ano pa na lapitan nya ako, di ba!? May maitutulong ba ako sa kanya?! Engot rin e.. Engot.. Tsk!

Inis akong nagtuloy sa paglalakad at hindi sa hindi ko naman talaga inaasahan..

"OMG look who's here.."

"Wooow.."

"Oh.. its her!"

"The trash is here hahahaha!"

Nakasalubong ko ang grupo ni Aimee na kasama pa si Abby!

"Balita namin magaling kayo ni Taguro ah!?" si Aimee.

"May nagagawa pa rin pala ang mga basura'ng tulad nyo para school natin?! Hahahahahaha!" si Abby.

"Oh e mabuti naman at okay na kayong magkapatid?!" sarkastikong tanong ko. **"Bakit ba hindi na lang kayo magtatatalon twing may laro ang basketball!? Talaga namang nag-aksaya pa kayo ng oras na harapin ako e noh!?"**

"Why not?! Nakakalat ka e hahahaha.." si Aimee.

"At alam mo palang hindi kami magkasundo ng kapatid ko!?" tumatawang tanong ni Abby.

"Oo naman.. maugong ang pangalan nyo e.."

"Oh well.. ganon talaga kapag maganda!" si Aimee.

"Ahh.. kaya pala maugong rin ang pangalan ko ano!?" natatawa kunwaring tanong ko.

"So you're saying na *'maganda'* ka?! Hahahahaha ambisyosa!" si Abby.

"Hindi naman.. nagkataon lang talagang nung nakilala ko kayo e mas naging *'proud'* ako sa itsura ko.." taas-kilay na sagot ko at saka

tinalikuran sila.

"Ugh! She's so annoying!" dining kong singhal pa ni Aimee pero hindi ko na sila pinansin dahil natanaw ko na sina Max at Maxwell na magkausap!

"Max! Maxwell!!" nakangiting tawag ko sa kanila at sabay naman nila akong nilingon. **"Anong aten!? Hehehehehe.."**

"Zarnaih.." nakangiting salubong ni Maxwell sakin na agad ko namang nginitian..

"Mmm.. anong meron!?" nakangiti pa ring tanong ko.

"Ahh.. aalis kasi kami ni Pein e.." sagot nya at napatingin naman ako kay Max.

"Kasama sya.." sagot ni Max.

"Ahh talaga!?" si Maxwell. **"Edi ayos.. marami pala tayo.."**

"Hehehehehehe! Masaya ka bang malaman na kasama ako?!" biro ko kay Maxwell.

"Oo naman.." nakangiting sagot nya.

"Hehehehehe! Excited na nga ako e hehehehe.."

"Oo.. maganda kasi don.."

"T-Taguro.."

Sabay sabay kaming napalingon kay Sensui.

"Oh?" si Max. Hindi sya sinagot ni Sensui na parang nilamukos na papel ang mukha.

"Puntahan mo na.." nakangiting bulong ni Maxwell sa kanya at saka tumingin si Max samin bago tuluyang lumapit kay Sensui.

Bumaling naman ako kay Maxwell.

"Maganda ba talaga don ha?!" tanong ko.

"Oo naman.."

"Sayang.. sarap sanang pumunta don kung grupo tayo.."

"Grupo naman tayo ah???"

"Oo nga.. Pero magkakakapatid kayo.."

"Hahahaha.. bakit?! Gusto mo bang magsama ng iba?!"

"Oo naman! Why not di ba!? Relaxing kaya ang ganon.. ikaw? Wala ka bang isasama'ng girlfriend??" tanong ko.

"Wala naman akong girlfriend.." nakangiting sagot nya.

"Oo nga pala.."

"E ikaw? Wala ka bang boyfriend??"

"Psh! Wala!"

"Hahahaha.. Ganon ba??"

"Bakit? Liligawan mo na ba ako ha?!" pabirong tanong ko na natatawa pa.

"Asa hahaha.. Masyado kang bata para sakin.."

"Sana hindi ka ganyan ka-prangka di ba?!" inis kunwaring tanong ko. Ngumiti naman sya sakin at ginulo ang buhok ko saka tumingin kina Max at Sensui na nag-uusap.

DEIB'S POV

"Bakit hindi ka nanood?!" inis na tanong ko kay Taguro.

"Nang alin?" blangko ang mukhang tanong nya.

Nang alin??? Nang alin?!!!!

Badtrip 'to ah! Alam naman nyang may laro ako e!

"Ahh.. may ginawa kasi ako kanina.." biglang usal nya matapos akong makitang pinandidilatan sya ng mga mata!

"At t-talagang mas mahalaga yan kesa sakin!?"

"Oo naman.."

"Hindi mo naman ako niyaya'ng manood di ba??" tanong nya pa!

"Kailangan pa ba naman kitang yayain!?" inis na tanong ko.

"Oo naman.. malay ko ba kung ayaw mo kong makita??" ngingisi ngising tanong nya pa!

"S-Siraulo ka ba?!" inis talagang tanong ko! **"Halos ikaw na nga lang ang laman ng isip ko tapos sasabihin mong ayaw kitang makita?! Ganyan ka ba talaga?!"**

"B-Biro lang e.." nakangusong sagot nya pa!

"Tch! Wala kang kwenta!"

"Tss.. may inasikaso lang e.."

"Ano ba kasi yan!?"

"May lakad kasi ako.."

"S-Saan??" tanong ko. Hindi naman agad sya sumagot at bahagya pang umiling.

Nanatili akong nakatingin sa kanya at nasa iba naman ang paningin nya.

Saan naman kaya ang punta nya?! Ibig sabihin.. hindi ko na sya makikita?!

Andwaeeee!!! Maldo andwaeeeee!!!

"H-Hoy! Saan ang punta mo?!" tanong ko ulit!

"Inuutusan ako.."

"Saan nga?!"

"Basta.."

"Sasamahan na kita.."

"Ngek.. hindi na.. Malayo yun masyado.."

"S-Saan ba?"

"Saka ko na sasabihin sayo kapag nakabalik na ako.. May laro ka pa ba??" tanong nya.

Iniiba na naman nya ang usapan! Badtrip!

"W-Wala na!" inis na sagot ko.

"Bakit naninigaw ka?"

"E p-pano.. hindi ka na nga nanood.. naglilihim ka pa!"

"Hindi naman siguro lahat.. kailangang alam mo di ba??"

Okay.. eto na ang tunay na Taguro..

Natigilan ako at napatitig sa kanya. Blangko na naman ang mukha nya at wala akong maramdamang emosyon sa kanya.

Napapahiyang napaatras ako ng bahagya at hindi nakapagsalita.

"Pein.." biglang lumapit si Maxwell samin at napatingin naman kami sa kanya. **"Puntahan mo muna si Lolo.. Zarnaih.. samahan mo muna sya.."** utos ni Maxwell sa kanila.

Nagkatinginan naman muna kami ni Taguro saka sya tuluyang tinalikuran ako..

Badtrip ka Taguro!

"Congrats..."

Napatingin ako kay Maxwell.

"Nanalo kayo.. kaya congrats.." nakangiting dagdag nya pa.

"Thanks.." sagot ko.

Buti pa 'to.. may pakiramdam.. Haysss.. yung kapatid mo manhid! Parang bato!

"May game ka pa??" tanong muli nya.

"W-Wala na.."

"Mmm.. bakit ganon? Wala yatang laro ang BIS ngayon?"

"Si M-Max ba walang laro???" gulat na tanong ko.

"Oh.. pinagpaalam na nga sya ng Lolo namin sa Coach nyo kasi ay may lakad kami.."

Ahh.. edi kasama pala sya?!

Kung ayaw akong sagotin ni Taguro sa tanong ko.. si Maxwell na lang ang tatanongin ko..

"S-Saan nga pala ang punta nyo??" kunwaring tanong ko, hindi ko ipinakitang interesadong interesado ako!

"Ahh hindi ba sinabi ni Pein sayo??"

Magtatanong ba ako kung sinabi nya?! Tch!

"H-Hindi e hehehe.."

'Sa Palawan.."

Palawan!? Anong gagawin nila sa Palawan!?

"A-Ahh talaga?!" tago pa rin ang pagpapakita ng interes na tanong ko.

"Mmm.. inuutusan kami ng Lolo namin asikasuhin ang business namin don.."

"A-Ahh.. A-Ayos yan.."

"Mmm.. mas ayos yun kung makakapunta ka rin.."

"B-Bakit??" kunwaring tanong ko.

"Gusto mo syang makasama hindi ba??"

"H-Ha?? Hahahaha.. S-Sino naman?"

"Sino pa ba??"

"H-Hahahaha s-sino nga b-ba??"

"Si Pein.."

Hindi ako nakapagsalita at nanatili akong nakatingin sa kanya!

Nung mapansin nyang hindi ako makapagsalita ay bahagya pa syang natawa!

"Hahahahah! Alam ko kung anong meron kayo ng kapatid ko.." natatawang dagdag nya pa na mas ikinagulat ko!!!

Hindi ako lalo nakapag salita!!!

Badtrip! Pano nya nalaman?! Sinabi ba ni Taguro sa kanya?! Badtrip! Jahe!

"S-Sinabi ni Taguro sayo!?" gulat na tanong ko!

"Ang alin?"

Pareho silang magulo'ng kausap!

"N-Na m-may g-gusto ako sa kanya.." mahina at uutal utal na sagot ko.

"Ahh.. hindi.."

"H-Hindi?? E p-pano mo nalaman yung samin??" gulat na tanong ko.

"Hahahahah.. halata ka kasi..

WTF????????

Hindi ako nakasagot!!!!!

Parang umakyat ang hiya mula sa paanan ko papunta sa ulo ko!

"Kaya nga kita tinulungan e.. Hahaha.. alam ko kasi kung anong bulaklak ang siguradong magugustohan ng kapatid ko.."

"K-Kaya ba tinatanong mo ko kung nagustohan nya??"

"Mmm.. hahahaha.."

"J-Jahe.." mahinang usal ko.

"Kaya kung gusto mo syang makasama.. hindi naman siguro magiging mabigat sayo kung.. susunod ka??"

S*usunod ka??*

Susunod ka??

Nagpaulit-ulit yun sa tenga ko at parang gusto kong tumalon sa saya!

Hindi ko napigilan ang sarili kong mapangiti at mapahawak sa magkabilang balikat nya!

"T-Talaga?!" nakangiting tanong ko pero sumeryoso sya!

Napatingin sya sa dalawang kamay kong nakahawak sa mga balikat nya kaya naman dahan dahan kong inalis rin yun!

"S-Sorry.." usal ko pa.

Tch! Magkapatid ngang talaga sila! Iisa lang ang ugali!

"H-Hahaha.. okay lang.. Anyway, ayon nga.. If you want to see my sister then you can come over.. feel free to come and join us.."

"S-So you're inviting me??" pagkukumpirma ko at tumango naman sya. **"Don't get me wrong pero.. bakit??"**

"Anong bakit?"

"Bakit mo ginagawa 'to?? I-Ibig kong sabihin.. una yung sa bulaklak.. p-pangalawa.. e-etong sa Palawan?? Bakit?? Ni hindi ko man lang nga nagawang sabihin sayong gusto ko ang kapatid mo pero.. s-sa pinapakita mo.. p-parang okay lang sayo.."

"Hahahahah dahil okay lang naman talaga sakin.. Bakit naman hindi?"

"B-Bakit nga??"

"Kasi mukhang mapagkakatiwalaan ka naman.."

Bumigat ang pakiramdam ko sa sinabi nyang yun hindi dahil sa hindi ko yun gusto...

Yung bigat sa pakiramdam kong yun ay dahil magandang pakiramdam na naidulot nun sa damdamin ko..

Pakiramdam ko ay naghalu-halo ang emosyong nararamdaman ko at talaga namang natuwa ako!

"I d-don't know what to say.." naiusal ko.

"Hahahahahahaha! Wag mo isiping boto'ng boto ako sayo para sa kapatid ko pero.. okay lang sakin kung maging kayo.."

"Sana maintindihan mong.. hindi ganon kadali ang pinagdaanan nya at hindi lalo magiging madali para sayo ang sakyan ang ugali nya.. Pero kung susunod ka samin sa Palawan.. dalawang araw mo syang makakasama.." nakangising dagdag nya. **"Sa loob ng dalawang araw na yun ay maraming pwedeng mangyari.. at sa loob ng dalawang ayaw na yun ay pwedeng..."** binitin nya ang sasabihin nya!

"P-Pwedeng????" tanong ko.

"Pwede'ng mabaling sayo ang nararamdaman nya.."

Nagpakawala ako ng mahabang hininga.. dahil hindi ako makasagot sa kanya!

Wooooohh.....

"So I guess.. I'll just see you when I see you??" nakangising dagdag nya na tinapik pa ang balikat ko. **"Mauna na muna ako.. kakausapin pa kami ni Lolo.."**

"Y-Yeah.." naisagot ko na alang at naiwan akong tulala..

Hindi ko alam kung anong mararamdaman ko..

Hindi ko alam kung anong magiging reaksyon ko..

Hindi ko alam kung anong gagawin ko..

Dahil ang alam ko lang..

Gumaan ang pakiramdam ko..

At napupuno ng tuwa't saya ang puso ko..

Taguro!!!! Hahahahahahaha!!! Taguro.. Taguro.. Taguro.. Tsk tsk tsk.. Dalawang araw??? Hahahaha.. Wag mo kong sisisihin kapag nainlove ka sakin..

Hindi mapawi ang ngiting naglakad ako papunta sa room namin kung saan kausap na ng lahat si Coach. Agad naman akong nakisali sa kanila kahit na

"Enrile! Daig mo pa ang multo! Para kang nakalutang sa ere kanina at hindi mo alam ang mga ginagawa mo! Ano bang problema mo!? Nanalo nga tayo pero tignan mo ang itsura mo!? Nakangisi ka na hindi maintindihan! Para kang sintu-sinto! Anong gagawin mo kung natalo tayo doon kanina?! Hindi ba't sinabi kong---bukod sa Luna ay wala na tayong ibang dapat na maging problema?! Ikaw pa naman Enrile ang star player ko pero anong ginagawa mo?! Wala ka sa sarili mo kanina

at ngayon naman ay ngingiti ngiti kang mag-isa! Umamin ka nga sakin! Nagdodroga ka na ba?!"

"C-Coach naman.." nakangusong sagot ko.

"Coach naman.. Coach naman.. Wala ka kasing ginawa kung hindi isipin si Del Valle!"

"C-Coah.."

"Yun oh!"

"Nyahahahahahahahaha!"

"Bwahahahahahahahahaha!"

"Wooooohhh!"

"Inlove na inlove pre?!"

"Iba ka na talaga Enrile!"

Pakiramdam ko ay lumaki ang ulo ko sa pagkapahiya!

Lahat sila ay inaasar ako at nanatili naman akong nakanguso at walang magawa!

MAX'S POV

"Sige na at umuwi na kayo.." si Chairman. **"Huwag na kayong magdala pa ng masyadong maraming gamit dahil marami naman kayong damit doon.."**

Nagulat ako.

"P-Pano naman ho kong nagkaron ng gamit don??" tanong ko.

"Basta.."

"Baka pinamilihan ka nila dati? Heheheh.." bulong sakin ni Naih.

"Oh.. Eto.."

Gulat kong sinambot ang maliit na kahong ibinato sakin ni Chairman!

"I-Ige mwoeyo??" tanong ko.

Translation: What's this?

"Your cellphone.. Itatawag mo saking parati ang lahat ng impormasyong makukuha mo doon.. Akong bahala sa bills mo.."

Napatingin ako kay Chairman at hindi ako nakapagsalita.

"Yiiieee Max! May cellphone ka na!!" kinikilig na sabi ni Naih. Hindi naman ako nakapagsalita.

"Sasama ka ba sa kanya??" biglang tanong ulit ni Chairman at natinag naman kami ni Naih.

"Opo.. s-sasama po sana ako.. O-Okay lang po ba??" tanong ni Naih kay Chairman.

"Oo naman.. mabuti kung masasamahan mo si Pein nang sa gayo'y hindi naman umiral ang pagiging basag-ulo nya doon.. maliban na lamang siguro kung pati ikaw ay isa ring basag-ulo??" taas ang kilay na tanong ni Chairman sa kanya.

"N-Nako hindi po.. di hamak naman po'ng mas mabait ako dyan sa apo nyo----S-Sorry po.." parang napapahiyang sagot ni Naih matapos syang pandilatan ni Chairman.

"Sya sya.. huwag na kayo'ng mag-alala dahil marami naman doong aasikaso sa inyo.. Kung maaari sana Zarnaih ay alalayan mo si Pein dahil marami rami ang iniutos ko.. Pakikiusapan kitang samahan sya para ipaalala sa kanyang kailangang maging matino ang pag-iisip nya.. Maaasahan ba naman kita??"

"Opo naman po!"

"Good.."

"Hehehehehehe!"

~WEEEEENK~

Napalingon kami sa pinto nung biglang pumasok si Maxwell.

"Are you ready??" nakangiting tanong nya.

"S-San??" tanong ko.

"Aalis na tayo.."

"A-Ang aga naman!?"

"Ala una ang flight na kinuha ni Lolo.." seryosong sagot nya at napatingin naman ako kay Chairman!

"Mmm.." tatangutangong sagot nya!

"Si Maxrill??" tanong pa ni Maxwell kay Chairman.

"Sunduin mo na lang sya sa Mansion.." sagot ni Chairman.

Nag-usap usap pa sila pero nanatili akong wala sa sariling nag-iisip!

Hindi mawala sa isip ko kung anong dahilan kung bakit kailangang AKO ang mag-asikaso nang kung ano man ipinapaasikaso nya!

Hindi naman sa tinatamad ako!

Hindi ko lang talga maisip kung bakit AKO!

Ako na suwail.. ako na bastos.. ako na walag modo at walang silbe sa pamilya'ng 'to pa talaga ang inutusan nya?! Bumabaliktad ba ang mundo!? Anong nangyari!?

At mabilis ngang tumakbo ang oras..

Inihatid kami ng driver ni Maze sa Airport 2 hours bago ang flight..

"12:55 is our flight.. What time is our arrival in Palawan??" tanong ni Maxwell sa driver.

"At exact 2:15pm Sir.."

"Are you sure??" nakangiting tanong pa ni Maxwell.

"Yes Sir.."

"Thanks.."

"Be careful and enjoy your trip Sir.."

"Thank you.."

Mabilis akong kumilos at ibinaba ang maliit na maleta ko at ganon rin naman sila. Sa aming lahat ay si Maxrill ang pinakamaraming dala.

"Excited nako.." kinikilig pang sabat ni Naih at nginitian ko lang sya. **"Bakit ganyan ang mood mo?! Hindi ka ba excited?!"**

"Excited rin naman.. hindi ko lang maiwasang hindi mag-isip---"

"Tiglan mo na nga yang kaiisip mo! Ano ka ba! Nandito tayo para magrelax!"

"Parang pagod na nga ang isip ko e.."

"Kaya nga tigilan mo na e! Ini-strees mo lang ang sarili mo e! OA mo masyado! Tigilan mo ha?! Eto ang camera.. hehehe kailangang maganda kapag nagpicture! Umayos kana!"

Nung makasakay kami sa eroplano matapos ang dalawang oras ng paghihintay at asikaso ay natulog lang ako hanggang sa makarating kami sa Palawan..

Tumingin ako sa relos ko..

Eksakto nga ang sinabi nung driver ni Maze.. 2:15 pm ay nakarating kami.. Eksakto ring paglabas namin ay nandon na ang isang puting magarang sasakyan na susundo samin..

Agad kaming napatingin nung makilala ni Maxwell ang lumabas na hindi na kabataang mama.

"Sir Maxwell!"

"M-Maman?!"

"Sir Maxwell!!!"

"Mang Pitong!" sigaw ni Maxwell sa kanya.

"Hahahahahahaha! Maman!!! Hahahaha! Mang Pitong! Hindi ko akalaing kayo ang susundo sa amin!"

Translation: Maman means Old man.

"Oo nga hahahahaha! Aba'y hindi ko inaasahang lalaki ka ng ganitong kagwapo! Balita ko'y doktor ka na ngayon ano??"

"Hahahaha opo.. pero estudyante pa rin po ko.."

"Aba'y maige yan at nang magkaron naman kami ng manggagamot sa lugar natin.."

"Hahahahaha.. Oo ba!"

"Aba'y sino ba itong mga kasama mo??"

"Ahh.. si Maxrill po.. bunsong kapatid ko.. Si Zarnaih po, kaibigan namin.. At yung nasa dulo.. si Maxpein, sumunod po sakin.."

"Aba tignan mo nga naman.. si Maxpein na nga ba iyan?"

"Opo hahahahaha.."

"Aba'y oo nga ano?? Hahahahaha! Bagay!"

Bagay??

Translation: Bagay means kaibigan.

"Bagay!" parang tawag sakin nung mama'ng tinawag na Pitong ni Maxwell. Lumapit sya sakin at saka umakbay! **"Kumosta kaw ren??"**

"Hahahahaha!!! Maboay kita reng ara agkita!"

WTF???

Translation: How are you? Hahahahaha!!! Long time no see!

"Hahaha hindi ka nya maiintindihan Maman.." si Maxwell.

"Alam ko hahahaha.. O sya sya.. halina kayo't mukhang pagod na kayo.. Sakay sakay.." yaya nya samin at mabilis naman kaming sumakay sa maganda'ng kotse nya.

"Ang weird ni Manong hahaha.." bulong sakin ni Naih pagkasakay namin. **"Andaming alam hahaha.."**

Natawa rin ako sa sinabi ni Naih pero nakinig na lang ako sa walang humpay na usapan nila ni Maxwell.

Mahigit kalating oras rin ang binyahe namin bago kami makarating sa Hotel.

"Waaaaaaa angganda naman dito!!!" si Naih. Napatingin rin ako sa labas ng bintana..

****CHECK OUT THE MULTIMEDIA for imaginary purposes****

Maganda nga..

Nakakarelax..

Nakakabighani..

"OMG! Sa inyo 'to!?"

"Sa Lola namin.."

"Angganda ganda!"

"Parang paraiso di ba??"

"Oo! Sobra! Nakooo salamat talaga at sinama mo ko dito hahaha! Kaibigan talaga kita.."

"Tss.."

Nung makapasok kami sa Hotel ay sinalubong rin kami ng sangkatutak na tauhan ng Hotel na yun.. kapansin pansin ang paggalang at respeto nila sa amin.. malamang ay inaasahan talaga nilang ang pagdating namin..

Mabilis naman kaming inihatid ni Mang Pitong sa kwarto namin..

"Ito ang Presidential Suite kung tawagin.. may four luxury bedrooms yan.. kahit tig-iisa kayo ay ayos lang hehehehe.. Ang habilin ng Lolo ninyo ay dito kayo patuluyin kaya naman inayos namin ng todo.." si Mang Pitong.

"Salamat Mang Pitong.."

"Oh sya maiwan ko na muna kayo ng makapagpahinga kayo.. kung may kailangan kayo ay itawag nyo na lang sakin sa baba.."

"Ahh hindi Mang Pitong.. Bababa na muna ako para makapagrelax sa baba hehe.. namiss ko ang lugar na 'to.." si Maxwell.

"Sama akoooo!!!" si Naih.

"Me too.." si Maxrill.

Napatingin silang lahat sakin.

"Ayokong sumama.. inaantok ako.." pormal na sagot ko.

"Ikaw bahala.." parang nang-iinggit na sagot ni Maxwell.

"Magtratrabaho ako kaya ako nandito.. kaya kailangan ko ng pahinga.." mataray na sagot ko at saka sila pinagsarhan ng pinto..

Parang pagod na pagod akong humiga sa kama.. Dahan dahang ipinikit ko ang mga mata ko at maya maya lang..

~RING! RING!~

~RING! RING!~

~Unknown Number Calling..~

Sino naman 'to!? Kebago bago.. Tss..

~RING! RING!~

Inis kong sinagot ang cellphone.. Umupo ako sa kama..

♫ ♪ ♫ ♪ ♫ ♪

Bahagya ko pang nailayo ang cellphone sa tenga ko ng marinig ko ang wirdong boses na yun sa kabilang linya na **KUMAKANTA!**

♫ ♪ ♫ ♪

"I know how many times I said I'm gonna to live with out you.. and maybe someone else is standing there beside you.. but there's something baby that you need to know.. that deep inside me I feel like I'm dying.. I have to see you it's all that I'm asking-----"

"T-Teka nga! Teka nga!" inis na sigaw ko sa kanya dahilan para matigilan sya sa pagkanta! **"Sino ka ba?!"** inis na tanong ko.

"Hahahahaha! Hindi ko akalaing boses lalaki ka pala?!"

Inis akong tumingin sa screen nung cellphone at saka muling pinakinggan yun!

"Sino ka sabe!?"

"Hahahahahaha.. Hoy Taguro! Ako 'to!"

"S-Sensui!?"

"Oo naman yes! Hahahahaha!"

WTF???

"P-Pano mo nakuha ang number ko!?"

"Dinikta ng puso ko hehehe-----"

~TOOT! TOOT!~ TOOT!~

BINABAAN KO SYA ng cellphone at saka ko yun pinatay! Ibinagsak ko ang katawan ko sa kama at pinilit akong natulog..

5

4

3

2

1

Hindi ko alam kung ilang oras o minuto akong nakatulog..

Pero mula sa kalayuan ay dinig na dinig ko ang mga huni ng ibon..

TWIT!*TWIT!*TWIT!*TWIT!*TWIT!*TWIT!

Dahan dahan kong iminulat ang mga mata ko at....

"Waaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaa!!!!" hindi ko napigilan mapasigaw ng malakas ng magtama ang paningin namin ni Sensui! **"A-Anong ginagawa mo dyan!!!!!"** malakas pang sigaw ko!

Napabalikwas ako ng tayo mula sa pagkakahiga ng sa hindi inaasahan ay makita ko si Sensui'ng nakahiga sa tabi ko! Nakatagilid pa ang katawan nya

habang nakadantay ang ulo nya sa kanang kamay nya at animong pinapanood ako sa pagtulog!

Nung hindi nya ako sagotin ay mabilis akong tumalong pabalik sa kama at hinawakan sya sa magkabilang kwelyo ng damit nya at saka ko ipinatong ang tuhod ko sa ilalim ng baba nya!

"A-Aray! A-Aray! Ma-Masakit!!!! A-Ano ba!"

"Masasaktan ka talaga kapag hindi mo sinabi saking kung anong ginagawa mo dito!" sigaw ko sa kanya!

"G-Gusto kitang m-makita! A-Ano ba umalis ka sabi d-dyan! A-Aray!!!" nagmamakaawa at hirap na hirap na sigaw nya at saka ko sya pabato'ng binitiwan! **"A-Ano ka ba! Bakit mo ginawa yun! Ang sadista mo naman!"**

"Siraulo ka ba?!" inis na tanong ko sa kanya! **"Pumunta ka dito sa Palawan ng walang pasabi at pinasok mo ko sa kwarto ko ng walang paalam tapos tatanongin mo ko kung bakit ko ginawa yun?! Gusto mong malagutan ng hininga ngayon sa harap ko!?"**

"Ano!" malakas na sigaw ko pa!

"W-Wag... h-hindi mo pa nga ako s-sinasagot e.." nakanguso munit nakangiting sagot nya at pinandilatan ko naman sya ng mata! **"Ang ganda ganda mo Taguro hehehehe.."**

"Manahimik ka!"

"Tch! Sinabihan ka na nga ng maganda nagagalit ka pa! Halika na! Kumain ka na! Mainit na naman yata ang ulo mo kasi walang laman yang tiyan mo e!"

"A-Ano?! H-Hoy! Umalis ka na dito! Umuwi ka na sa inyo! Ngayon na!"

"Ayaw.."

"A-Ano?!"

"A----yaw!"

Anak ng tupa..

"Dito ako at dyan ka.." nakangiti munit seryosong sagot nya. **"Hindi ako makakatiis ng hindi kita makikita kaya naman susundan kita kahit saan ka magpunta.."**

"Manahimik ka.."

"Liligawan kita hanggang dito Taguro hehehehe.. Hanggang sa sagutin mo ko.."

OceanofPDF.com

CHAPTER 114 : PALAWAN

DEIB'S POV

Kitang kita ko sa mga mata ni Taguro'ng hindi nya talaga nagustohang makita ako ngayon dito!

Badtrip naman! Inaasahan ko pa naman e matutuwa sya kahit medyo mild lang! Tsk!

"A-Anong sabi mo?!" halatang nagpipigil ng galit na tanong nya at napaatras naman ako!

"T-Taguro naman.." kunwaring pagmamakaawa ko. **"K-Kararating ko lang p-paalisin mo na ako!?"**

"Wala akong pakialam!"

"Tsk! B-Bakit ba n-nagagalit ka?? S-Sorry na.." nakanguso pang dagdag ko.

"Sinong may sabing pumunta ka dito!?" galit talagang tanong nya! Seryosong seryoso masyado ang mukha nya at halos magdikit na ang mga kilay nya sa sobrang salubong ng mga iyon!

Kung sasabihin kong si Maxwell ang nagyaya sakin.. baka magalit sya?! Pero ayaw kong magsinungaling!

"Sinong nagsabi sayong pumunta ka dito!" malakas na ulit nya!

"G-Gusto ko lang pumunta.." pagsisinungaling ko dahil baka mas mapahamak ako kung isusuplong ko ang kapatid nya! **"W-Wag ka naman ng magalit oh.."**

"Pano mo nalaman ang number ko?!"

"B-Binigay ni M-Maxwell---"

"What!?"

"B-Binigay nya sakin kanina.."

"Tss!" malakas na singhal nya na kunwaring napailing pa! **"Edi sya rin ang nagsabing pumunta ka dito!?"**

Ang lakas naman ng pakiramdam nito!?

Hindi ako nakasagot!

"Kasi malakas ang pakiramdam nun at paniguradong alam nun m-may g-gusto ka sakin! Tss.. kaabnormalan nyo pareho.." mahinang

bulong nya pa!

"H-Hoy anong abnormal! Ikaw ang abnormal! Pinuntahan ka na't lahat nagagalit ka pa!"

"Sinong hindi magagalit sayo!? Alam mo ba yung salitang privacy!?" galit na talagang tanong nya! **"Alam mo bang invasion of privacy yung ginawa mo at bukod dun trespassing ka pa!"**

"This is a subjective expectation of privacy!!!" malakas na namang sigaw nya!

Ano bang pinagsasasabi nya?!

"A-Ang OA mo naman! H-Hindi naman kita ginalaw ah! Nasukat mo ba kung ilang metro ang layo ng distansya ko sayo!? Tignan mo nga yang kama mo! California King Bed ang tawag dyan at mahigit 70 inches ang lapad nyan! Halos magkasya pa nga ang isang pamilya sa pagitan natin tapos kung makapagreact ka---akala mo naman hinawak-hawakan kita?! Wag ka ngang assuming! Tch!"

"H-Ha! Hanneeeppp.." parang naa-amaze pang sambit nya. **"So, anong inaasahan mo!? Ang talunan ang kama ko sa sobrang tuwa dahil pagmulat ng mata ko yang pagmumukha mo unang nakita ko!? Baka gusto mong ihagis kita sa terrace ngayon?!"** galit pa ring sigaw nya! **"Sira ba talaga ulo mo?! Hindi ka makaintndi?! Kwarto ko ang pinasok mo at natutulog ako! Sinong matutuwa don!"**

"B-Bakit?! A-Alam mo ba yung ginawa mo sakin ngayon lang!? Assault and battery yun!"

"Ha! E boplaks ka pala e! Self-defense yun!"

"Bakit?! May ginawa ba ako sayo ha!? Ginalaw ba kita?! Bakit ba kasi hindi ka na lang '*kiligin*'!!!! Bat kailangang andami dami mo pang sinasabi!"

Hindi nya ako sinagot at sunud sunud huminga sya ng malalim na bahagya pang tumagilid at pinunasan ang bibig nya.. Nasa pagitan namin ang kama kaya naman ganon na lang kami kung magsigawan.. Munit nananatili akong nakaupo sa kama habang sya naman ay nakatayo mula sa kabilang side..

"Umalis ka na.."

"H-Ha??" tanong ko pa.

"Umalis ka na.."

"P-Pero T-Taguro---"

"Umalis ka na kung ayaw mong saktan kita!" galit talagang sigaw nya at nagulat naman ako.

Nakaramdam ako ng pagkapahiya sa sarili ko kaya naman dahan dahan akong tumayo na bahagya pang humawak sa footboard ng kama at iika ika akong naglakad..

Hindi ako tumingin sa kanya at nagtuloy na lang ako sa paglalakad kahit na hirap na hirap pa..

Munit bago ko sya malampasan ay pasimple akong tumingin sa gawi nya.. nakatingin sya sakin at bakas sa itsura nya ang pagtataka..

Hindi ko sya pinansin at nagderetso na ako sa paglalakad ng ika-ika papunta sa pinto ng kwarto nang biglang....

~BLAAAAAMM!!!~

Natumba ako sa sahig!!!!

"A-Ayyy! Ano yun!?" dinig ko ang boses ni Parrot! Inis akong tumingin sa kanya mula pagkakahiga ko sa carpet ng sahig na yun! **"S-Sensui!? A-Anong ginagawa mo dyan! Tumayo ka nga!"** sigaw nya pa!

"Tinamaan ako nung pinto!" inis na sigaw ko.

"Hala! Ikaw pala yun?! Bakit kasi hindi ka umiwas?! Sorry---"

"A-Aray! T-Teka!" inis na sigaw ko pa!

"Hala! Bakit?! Asan ang masakit?!"

"A-Ako na ang bahala.." mahinang sagot ko pa. Itinukod ko ang dalawang kamay ko at patalikod akong tumayo!

"Okay ka lang ba!? May masakit ba sayo!?" tanong ni Parrot nung mapansin ang pag-ika-ika nung isang paa ko na bahagya pang nakataas. **"Halaaaaaaaaa!!!!"**

"W-Wala.." pagsisinungaling ko. Hindi ko na sya pinansin at muli kong binuksan ang pinto pero..

"Oh.. you came??" nakangiting tanong ni Maxwell. Tinignan nya ang kabuuan ko at napansin nya ang paa ko. **"What happened to you??"**

Napailing agad ako at hindi nakapagsalita.

"Hey.. are you okay??" bakas ang pag-aalala sa tanong na yun ni Maxwell!

Tch! Buti pa sya.. samantalang yung iba dyan.. Peste!

"Deib!?" tawag pa ni Maxwell sakin.

"I-I'm okay---"

"You're not okay.. Let me see your foot.." sabi nya na umupo sa harap ko at tinignan ang paa ko!

"A-Aray.." mahinang usal ko na iniamba pa ang isang kamay sa kanya. **"M-Masakit e.."** bulong ko.

"What happened??"

"N-Nasprain ako k-kanina e.." mahinang sagot ko.

"Ha? Wala man lang nagbigay ng first aid sayo don??" takang tanong nya.

"N-Nagmadali kasi a-akong pumunta dito e.."

Hindi nya ako sinagot at tumingin naman sya sa side ni Taguro kaya naman lumingon rin ako dun..

Bahagya ng kalmado ang mukha nya habang nakatingin sa paa ko..

"Umupo ka dito.." usal pa ni Maxwell na inalalayan ako papunta sa single sofa. **"Stretched ligaments lang yan kaya madaling ibalik.. pahinga mo lang.. Sobrang sakit ba??"**

"O-Oo e.."

"Tsk.. dapat kasi ay pinaasikaso mo na kanina.. Masamang pinatatagal yan.."

"H-Hindi ko alam e.."

"Buti nakakuha ka pa ng flight??"

"Mmm.. buti nga.. Actually, Mommy ko ang kumuha.. h-hindi ako.."

"Anong oras ka nakarating??" tanong pa ni Maxwell habang may kinukuha sa isang bag. Sila Parrot at Maxrill naman ay nasa tagiliran ko at bahagyang nakatingin, samantalang si Taguro ay pumasok sa isang kwarto na sa tingin ko naman ay banyo..

"Mga 7pm na ako nakarating.."

"At dito ka dumeretso!? Sa kwarto ko?!"

Agad akong napalingon sa pinanggalingan ng boses ni Taguro at nakita ko syang nakasandal sa bukas na pinto'ng pinasukan nya kanina.

"O-Oo.." napapahiyang sagot ko. Salubong na naman ang kilay nya!

"Bakit??" tanong ni Maxwell kay Taguro.

"Natutulog ako dito.. paggising ko.. Nasa tabi ko na ang ugok na yan!" inis na sagot nya kay Maxwell na inginuso pa ako!

"Hahahahahahahahaha!" malakas na tawa ni Maxwell na sinabayan ni Parrot! **"Hahahahaha!"**

"Tss.." singhal ni Taguro at saka tinalikuran kami at pabagsak na isinara ang pinto!

~BLAAAAM!!~

"Tch.. a-ang init ng ulo.. Nakita lang ako, uminit na naman ang ulo.." nakangusong bulong ko.

"Hahahaha.. don't mind her.." si Maxwell. Napatingin naman ako sa kanya habang may hawak syang benda at umupo sa harap ko.

"Ayaw kasi ni Max ng ginigising sya.." si Parrot.

"P-Pero h-hindi ko naman sya ginising.. sya ang kusang nagising.." sagot ko.

"E hindi nya naman inaasahang makikita ka nya.. malamang nagulat yun!" natatawang sagot pa ni Parrot. **"E pano ka nga palang nakapasok dito??"** tanong nya at nagkatinginan naman kami ni Maxrill dahilan para lingunin nilang pareho sya!

"N-Naega wae??? I saw him downstairs and he asked me where is Noona, so I gave him the room key.. I didn't know she's sleeping.. N-Nawala sa isip kong matutulog nga pala sya!" nakangusong sagot ni Maxrill sa masasamang tingin nila Parrot at Maxwell sa kanya. Bahagya namana kong nailang!

"Hahahahaha.. wag kang mag-alala Sensui.. hindi magagalit yan.." si Parrot.

"Talaga??"

"Mmm.."

"Sigurado ka??"

"Oo nga! Kaibigan ako di ba?! Kaibigan.. kaibigan.." sabi nya pa na nakaturo sa sariling mukha.

"E k-kasi kanina.. dinamba na ako e.. Pinalayas pa ako.. kung hindi lang ganito ang sitwasyon ko baka hindi nyo na ako naabutan dito.." nakangusong sagot ko.

"E bakit nga ba nagkaganyan yang paa mo??"

~FLASHBACK~

Alam mo yung pakiramdam na gusto mo ng umalis pero hindi pa pwede?!

Badtrip yun!

Sinubukan kong magpaalam kay Coach na uuwi na ako dahil may pupuntahan ako pero hindi nya ako pinayagan!

"Ano bang nangyayari sayo!?" nagtatakang tanong sakin ni Tob nung mapansin nyang hindi ako mapakali sa kinauupuan ko habang nanonood kami ng Basketball.

"B-Badtrip kasi e.. gusto ko ng umuwi!"

"Bakit naman!? Uuwi ka e baka nga may game pa tayo mamaya!"

"Wala na nga daw di ba!?"

"E pano kung magbago ang sched?! Psh!"

"Badtrip naman.."

"Bakit nga kasi!?"

"May pupuntahan kasi ako!" napalakas ang sigaw ko kaya naman napatingin samin pati si Lee.

"Saan ang punta mo?" tanong ni Lee. Iiling iling naman akong tumingin sa kanya!

"Sa P-Palawan sana e---"

"Palawan!?" silang dalawa!

Nakangusong tinanguan ko sila!

"Anong gagawin mo dun!?" si Tob.

"At talagang ngayon?!" si Lee. Tumango ulit ako sa kanya.

"Kasi.. n-nandon si Taguro ngayon.."

"Awww.." si Tob.

"G-Gusto ko sana syang sundan.." mahinang sagot ko pa at...

"Bwahahahahahahahhahahahaha!" natawa lang sila.

"Hahahaha patay na patay ka na ba talaga kay Max dre?!" si Tob.

"H-Hindi ah!"

"Oh e bakit susundan mo pa??" nakangising singit ni Lee.

Hindi ako nakasagot!

"Shhhhkkk.. hahahaha astig! Anong ginagawa nila don?! Nandon na sila ngayon!? E kanina lang nakita ko pa sila ni Naih ah!?" si Tob.

"Umalis sila kanina before lunch.."

"Makakakuha ka ba ng flight ng ganitong oras?? Ala-una na oh.." si Lee.

"Tumawag na ako kay Mommy kanina pa at meron daw mamayang 4pm.."

"Oh?? E dapat 2hrs before the flight e nasa Airport ka na.. dapat umaalis ka na ngayon!" si Tob.

"Oo nga e kaso hindi ako pinayagan ni Coach nung subukan kong magpaalam.." inis na sagot ko.

"Ha?! Bakit daw?! E wala naman na tayong game ah??"

"Yun na nga e! Wala na tayong game pero ayaw nya pa rin akong paalisin! Kesyo baka daw may biglaang game! Tsk!"

"Sige na Deib.. umalis ka na.. Kami ng bahala dito.." si Lee.

"P-Pero pano kung hanapin ako ni Coach!?"

"Edi sasabihin namin nagdiarrhea ka!? Hahahahaha!"

"Loko! Hindi naman kapanipaniwala yun!"

"Tsh! Mas kapanipaniwala yun kesa sa OA na reason.. sige na.."

"E pano kung may laro!?"

"Wala na yan.."

"Pano ka naman nakakasiguro?!"

"Nararamdaman ko.."

"A-Abnoy ka Lee! H-Hindi na! Baka mapahamak pa tayo parepareho.."

"Tsh! Tignan mo ang line-up! Apat pa ang maglalaro, pano tayo makakasingit dyan?!"

"Umalis ka na, para makahabol ka pa sa flight.."

"Pero L-Lee---"

"Wala ka bang tiwala samin!?"

"M-Meron syempre.."

"Oh kaya nga umalis ka na dahil mas magsisisi ka pa kung aarte ka pa dyan.. Sige na dre.. kami ng bahala.."

"S-Sige.." nagmamadaling sabi ko na mabilis na kinuha ang bag ko!

"Ingat ka.. tawagan mo kami.." nakangiting sabi pa ni Lee. Agad namang tumayo si Tob at saka sumenyas sakin!

"Text text dre.. hahahaha! Kwento mo lahat ah!"

"Sige hahahaha!"

"Pasalubong ah!"

"Hahahahaha bahala na!"

"Pakyu! Ingat ka!"

"Geh geh!" nakangiting sigaw ko at saka isinenyas ang kamay ko at mabilis na tumakbo papalabas ng court! Mabilis ko ring tinakbo papunta sa Parking Lot munit bago pa man ako tuluyang makalabas ng gate....

~BLAAAAAAAAAAAGGG!!!!~

"A-Araaaayyy!!!!" hindi ko napigilan ang mapasigaw sa kuryenteng umaakyat mula sa talampakan hanggang sa hita ko! Yakap yakap ko ang binti ko habang nagpapagulong gulong sa pathway! Pero sinikap ko pa ring tumayo at magdrive pauwi..

~END OF FLASHBACK~

"So, katangahan pala ang dahilan nyan kung ganon??" sarkastikong tanong ni Parrot at inis ko namang sinulyapan sya!

"Aksidente! Aksidente ang tawag dun!" inis na sagot ko.

"Tsh! Oh e nabilang mo ba kung ilang ibon ang nakita mo!?" pang-aasar nya pa!

"Tch!"

"Buti pinayagan ka sa inyo??" tanong ni Maxwell habang sinisimulang galawin ang paa ko.

"Mmm.. alam kasi nila na nililigawan ko si Taguro.."

"I see.. Hahahaha swerte mo.."

"Hehehe.. Saan naman??"

"Sa lahat ng bagay.. kasi lahat, sumasang-ayon sayo.."

"Hehehehe.. Oo nga e.. sang-ayon ang lahat.. maliban kay Taguro.. Tch!"

"Hahahaha oo nga! Wag kang mag-alala.. maya maya lang okay na yan, maliligo lang siguro yan.."

"Sana nga hehehe.. ang sakit nung damba sakin kanina e.. tinuhod ako!"

"Hahahaha talaga?!"

"Oo!"

"Magiging masakit 'to.."

"A-Ang alin---A-Aaaaaaahhhh!!!!!!!!!!!!" malakas na sigaw ko matapos nyang biglang patunugin ang buto ko sa paa! **"M-Masakit!!!"** sigaw ko pa.

"Nagpaalam naman ako e.." nakangising sagot pa ni Maxwell at hindi ko naman maiwasang mapahawak sa noo ko habang nakapikit na isinasandal sa sofa ang likod ko! Hindi ako mapakali sa sakit na ginawa nya!

Maya maya pa ay may inilabas na naman sya mula doon sa bag nya!

"A-Ano na naman yan!? B-Baka masakit yan ah!" takot na tanong ko pa!

"Hahahaha.. wala na 'to.."

"Psh! Ano ka ba?! First time mo bang mainjured?!" si Parrot.

"H-Hindi naman.. pero first time ko 'tong sprained ankle.." sagot ko.

"Ahh talaga?! Asteg naman.. yan kadalasan ang tama ng mga basketball player di ba??" tanong nya pa.

"Oo.. pero hindi ako.."

"Hahahahaha ahh talaga??? Baka kasi kusa kang nililipad sa ere ng kahanginan mo?!" sarkastikong tanong nya at saka paismid na tinalikuran

ako! **"Let's go Maxrill.."** yaya nya pa dito.

"Saan??" si Maxrill.

"I'm hungry.."

"Aren't we going to wait for them??"

"No.. hehehe.. They'll follow us later.."

Tch! Hindi ba't marunong namang managalog yan!?

Nagpaalam lang silang dalawa at saka kami iniwan ni Maxwell doon. Muli naman nitong inasikaso ang paa ko.

"Sinabi mo ba sa kanyang dadating ka dito??" nakangiting tanong ni Maxwell habang nakatingin sa paa ko.

"H-Hindi.." nahihiyang sagot ko.

"Ahh.. hehehe.."

"Pano mo nga pala nakuha ang number ko?" tanong ko.

"Kay Zarnaih.."

"A-Ahh hehehehe.. S-Salamat nga pala at binigay mo sakin yung number ni Taguro.." nakangiting sabi ko pa at nginitian naman nya ako. **"Dapat nga ay sasabihin ko na sa kanya kaninang paparating ako.. kaso binabaan nya ako ng cellphone, tch! Ang masaklap pa ron ay pinatayan nya pa ako ng cellphone!"**

"Hahahahahahaha!" malakas na tawa ni Maxwell. **"Antok na antok siguro sya kanina.."**

"S-Siguro nga.." nakangusong dagdag ko pa. **"B-Buti may cellphone na sya??"**

"Mmm.. binigyan sya ni Lolo.. Ang totoo ay para yun sa mga aasikasuhin nya dito.. Para may contact sila sa isa't isa ni Lolo.. Hassle lang kasi kung makikitawag sya ng makikitawag kaya binigyan na sya ng sarili nya.." mahabang paliwanag ni Maxwell.

"A-Ahh ganon ba.." naisagot ko na lang kahit na gusto ko pang magtanong ng iba. Ayoko namang isipin nitong ususero ako kaya naman hihintayin ko na lang na sila ang magkwento.

"There you go.. Kailangan mong ipahinga yan.. Kapag natulog ka ay ielevate mo na lang, ipatong mo sa dalawang unan.."

"A-Ahh.. Sige.. Salamat.."

"Mmm.. sige.." nakangiting sagot nya at saka tumayo sa harap ko. **"Ipahinga mo na muna dyan.. bababa na muna ako at ipapaready ko ang dinner natin.."**

"H-Ha?? Pero---" gusto ko pa sana syang kausapin pero mabilis syang tinalikuran ako at lumabas ng kwarto'ng yun!

~EEEEEENNNKKK...~

Dinig ko sa tunog ng pinto kung saan pumasok si Taguro dahilan para lingunin ko yun at nakita ko si Taguro'ng nagpupunas ng buhok!

Inis syang tinignan ako at bahagya pang ngumiwi ang mga labi nya!

"Anong itinitingin tingin mo dyan!?" salubong talaga ang mga kilay na tanong nya!

"W-Wala.." napapahiyang sagot ko.

"Wag mo kong tignan!" sigaw nya at mabilis ko namang naiiwas ang paningin ko!

"S-Sorry.." naiusal ko pa.

Naupo sya sa kama at pinagpatuloy ang pagpupunas ng basa'ng buhok nya!

Nagkaron naman ako ng pagkakataon para pagmasdan sya dahil bahagyang nakatigilid sakin ang katawan nya.

Ang cute cute nya talaga hehehehehehe..

Hindi ko maiwasang muli ang mapangiti nung pagmasdan ko ang kabuuan ni Taguro..

Nakaputing shorts sya at nakaputing malaking shirt. Habang tinutuyo ang medyo humaba na ring buhok nya..

Walang sapin ang mga paa nya kaya naman kitang kita ko ang mamula mulang talampakan nya..

"Sabi ko wag mo kong tignan.."

Palihim na tingin na nga.. nahuli pa?!

Pagtingin ko muli sa kanya ay nakatingin na sya sakin kaya naman nagulat pa ako nung magtama ang mga paningin namin!

Salubong pa rin ang kilay nya at saka dahan dahang tumayo at lumapit sakin!

Nung tuluyan syang makalapit sakin ay ibinaba nya sa paanan ko ang paningin nya! Salubong pa rin ang mga kilay nya habang pinagmamasdan ang mga paa ko!

Nakakatakot naman 'to! Tsk! Kababae'ng tao.. naninindak ng gwapo'ng lalaki! Badtrip!

"Sinong may sabi sayong pumunta ka dito?!"

Nagulat na naman ako sa tanong nyang yun!

"S-Si Maxwell.."

"Pumunta ka naman?!"

"G-Gusto kitang makita e.." nakangusong sagot ko pa.

"Tss! Anong klaseng dahilan yan!"

Tsk! Akala ko ba pagkaligo nya ay okay na sya?!

"E-Eh bakit ba nagagalit ka??" napapahiya na namang tanong ko! Pilit kong iniiwas sa kanya ang tingin ko dahil hindi ko matagalan ang galit nyang mukha**! "K-Kung hindi ka na talaga n-natutuwang m-makita ako.. Sige.. P-Pagpahingahin mo lang ako ng konti.. u-uuwi na ako.."**

"Alam mo ba kung gano kadelikado para sayo'ng bumyahe mag-isa papunta dito?!"

Gulat akong napatingin muli sa kanya matapos nyang pasigaw na itanong yun!

Hindi ako nakasagot!

"Ang byahe sa eroplano papunta ng Palawan ay otsenta porsyentos na safe.. pero mula sa Airport papunta sa lugar na 'to ang hindi.." nanlilisik ang mga mata'ng dagdag nya pa! **"E kung may mangyari sayo sa daan mo papunta dito---ano na lang ang sasabihin ko sa mga magulang mo??"**

"T-Taguro.."

"Tss.. napakaisip-bata mo.." inis pang bulong nya! **"Bakit ka ba sumunod dito!?"**

"I-Ilang beses ko bang sasabihin sayo'ng kaya ako nandito.. kasi gusto kitang makita.."

"Kanina lang ay nagkita tayo hindi ba?!"

"Oo nga p-pero y-yun nga lang maghiwalay tayo kahapon e.. Kagabi lang gusto na kitang makita! A-Ano pa kaya yung dalawang araw na h-hindi kita makikita?! Buti nga niyaya ako ng kapatid mo dito.. k-kaya naglakas-loob na rin akong pumunta.."

"Tss.. pareho kayong abnoy!" mahinang sabi nya pa. **"Alam ba ng pamilya mong nandito ka?!" galit pa ring tanong nya.**

"O-Oo.."

"Bakit pinayagan ka nila?!"

"E-Eh bakit naman hindi!?"

"Tss.. dahil hindi nga safe ang mgatravel dito mag-isa!"

"Bakit!? May papatay ba sakin dito?! Wala ngang nakakakilala sakin dito!"

"Palibhasa'y wala kang alam!"

Hindi ako nakasagot at pinagmasdan ko sya! Hindi naalis ang pagkasalubong ng mga kilay nya at talaga namang bakas ang galit sa mukha nya!

Pinagmasdan ko ang kabuuan nya habang nakatingala ako sa kanya!

Hindi kaya....???

Mula sa pagkakatinign ko sa kanya ay dahan dahan akong napangisi!

"W-What?!" inis na namang tanong nya!

"Bakit ka ba nagagalit ha???" nakangising tanong ko at mas kumunot naman ang noo nya! **"Nag-aalala ka sakin??"**

"Ano?!"

"Kung nag-aalala ka ba kako sakin!?"

"Tss.."

"Nag-aalala ka no??" nanunuksong tanong ko at hindi naman sya sumagot! Hindi naalis ang masamang tingin nya sakin!

Piniling kong tumayo mula sa pagkakaupo at hinarap sya..

Ilang sentimetro lang ang layo ng katawan namin sa isa't isa dahilan para bahagyang magulat sya munit hindi sya nagpatinag!

Nakipagtitigan sya sa mga mata ko at talagang hindi nya inaalis ang mga ngiti sa mukha ko habang salubong naman ang mga kilay nya.

"Nag-aalala ka sakin.. kaya ganyan na lang ang galit mo dahil pumunta ako ng mag-isa.. Tama ba??" nanunuksong tanong ko pabulong sa kanya.

"Dahil kahit maganda ang lugar na 'to.. maraming loko dito.."

"Edi nag-aalala ka nga!?"

"Tss.. kung yun ang dating sayo.."

"Tch.. bakit ba hindi mo magawang magpakatotoo sa harap ko Taguro??" sarkastikong tanong ko at nagitla naman sya! **"Bakit ba pinipigilan mo pang ipakita sakin kung anong tunay na nararamdaman mo??"**

"Ano bang sinasabi mo dyan??" salubong pa rin ang kilay na tanong nya.

"Bakit hindi mo subukang buksan yang puso mo para kusa kang sagutin nyan kung bakit ako nandito?!" pang-aasar ko pa.

"Manahimik ka nga.." blangko ang mukhang sagot nya. **"Wag kang assuming.."**

"Tch! Kunwari ka pa.. Sabi ko naman sayo.. hanggang dito, liligawan kita.."

"Hindi ako pumunta dito para magbakasyon, naiintindihan mo?! Kaya ganito na lang ang galit ko.. dahil kung nagkatao'ng may nangyari sayo papunta dito.. sagutin pa kita! Imbes na aasikasuhin ko na lang ang inuutos sakin.. aaalalahanin pa kita?! Alam mo ba kung gano kalaki yung abala?! Ha!?"

Hindi ko napigilan ang sarili kong kusa'ng mapalayo sa sobrang kaprangkahan nya..

Mabilis na pinukaw ng pagkapahiya ang kabuuan ko! Napaatras ako munit nananatili sa kanya ang paningin ko! Salubong pa rin ang mga kilay nya at bakas pa rin ang galit sa mga mata!

"Sinabi ko naman sayo hindi ba?? Bahala ka sa buhay mo'ng gawin at sabihin ang lahat ng gusto mo pero wag na wag kang gagawa ng mga bagay na ikapapahamak mo.. dahil ayokong magkaron ng responsibilidad sayo.." matigas ang emosyong dagdag pa nya.

"Look, kung ayaw mo talagang nandito ako.. sige na, magpapahinga lang ako ng mga lima pang minuto.. u-uuwi na lang.."

"Tss.. kung kelan mas delikado saka ka babanat ng pag-iinarte mo!?" biglang sigaw nya sa mukha ko at napaatras lalo ako at takang tumingin sa kanya!

"I-Inarte!? S-Sinong nag-iinarte!?"

"Ikaw!"

"Ha!? Anong arte dito!?"

"Tss.. engot ka!"

"What!?"

"Kung kanina ngang maliwanag e nabadtrip ako sa trip mo papunta dito tapos kung kelan hindi mo na kita ang mga ulap saka mo babanatan ng layas?! Tuleg ka ba?!"

"E-Eh anong g-gagawin ko?! Ayaw mong nandito ako.. ayaw mo kong makita.. nagagalit ka sakin! Ayaw mo sakin!"

"Tss.. sa ganyang itsura mo!?" sarkastikong tanong nya pa na tinignan pa ang kabuuan ko habang nakapasok sa magkabilng bulsa ng shorts nya ang mga kamay nya. **"Sa tingin mo hindi ako makukunsensyang palayasin ka?!"**

"T-Taguro.."

"Tss.. maupo ka na dyan at magpahinga ka!" sigaw nya na itinulak pa ako bahagya dahilan para mapaupo akong muli sa sofa!

Hindi ko naiwasang mapangiti munit nung tignan ko sya ay nakatalikod na sya at maglalakad na palabas! Kaya naman mabilis akong tumayo at hiwakan ang braso nya!

"A-Ano na naman?!" inis na tanong nya.

"Gusto mo rin akong makasama no??" nakangising tanong ko.

"Ano!?"

"Tch! Kunyari ka pa.. gusto mo rin akong makasama e!"

"Tss.." seryosong singhal nya pa.

"Wooohhh.. kunwari pa 'to! Umamin ka na! Okay lang naman sakin e hehehehe.."

"Wag kang assuming.. PILAY!"

"A-Anong---?? Hoy! Sinong pilay!"

"Tss.."

"Pipilay pilay ako pero hindi ako pilay!"

"Tss. Sige na.. magpahinga ka na dyan.. tatawagin na lang kita kapag kakain na.."

"S-Sasama na ako sayo.."

"Hindi na.."

"Tsk! Ano ba yan! Ayaw mo rin bang mapagod ako?!"

"A-Ano bang mga sinasabi mo!?" halatang inis na tanong nya at natawa naman ako!

"Ganun na lang ba talaga katindi ang pag-aalala mo kaya naman talagang pinagpapahinga mo pa ako!? Hahahaha.. okay na ako.. Masyadong magaling na doktor ang Kuya mo---"

"Hindi ganyan ang nasa isip ko.. malawak lang talaga ang imahinasyon mo.. Maiwan ka na dyan dahil kapag sumama ka pa sakin, baka magdilim ang paningin ko't makalimutan kong pilay ka! Manahimik ka na dyan dahil isang sabat mo pa.. uuwi ka talaga!"

"S-Sige boss.. d-dito na lang ako.."

"Tss.."

"B-Balikan mo ko kapag kakain na ah!? Gutom nako e.." nakangusong dagdag ko pero hindi na nya ako pinansin at nagtuloy na sya papalabas.

~BLAAAAAAAAAG!!!~

Pabagsak nya pang isinara ang pinto nung kwarto!

Padabog naman akong naupo sa sofa at saka iginala ang paningin ko sa kabuuan ng kwarto'ng yun..

Eto ang kwarto ni Taguro.. may sariling Entertainment area at dining area sa harap ng California King Bed. Sa tabi ng kama ay ang pintuan papasok sa bathroom nya at ang sa kanan naman ay ang veranda ng kwarto'ng yun.. Kahit may centralized aircondition ay hindi mo na kakailanganin yun dahil sa lamig ng hangin na nagmumula sa labas.

Dahan dahan akong tumayo at iika ika pa ring naglalad papalapit sa may hanggang dibdib ko lang na ref na andon.

Ano kayang meron dito?! Gutom na talaga ako..

Nagulat ako nung makita ang paperbag na ibinigay ko sa kanya!

Mabilis kong kinuha yun at binuksan!

Napangiti ako nung makitang nandoon ang mga Stick-O at Yakult na ibinigay ko!

Hindi nawala ang ngiti ko at binilang ko ang laman nun munit..

Kulang ng isa!

Kulang na ng isa ang bote ng Stick-O kaya naman mabilis kong iginala'ng muli ang paningin ko sa kabuuan ng kwarto at..

Nakita ko sa may side table nya ang isang bote pa ng Stick-O!

Hindi ko akalaing dadalin nya 'to hanggang dito.. ibig bang sabihin nito.. Naalala nya ako!?

Matapos ang pag-iimagine ay iika-ika naman akong pumasok sa loob ng bathroom nya. Namangha naman ako sa ayos at linis niyon bukod sa napakagandang style at design niyon..

Doon ko lang napansing nakakarelax ang lugar na yon..

E bakit ganon pa rin ang ugali ni Taguro!? Tch!

Lumabas ako sa veranda at tinanaw ang kabuuan ng dagat..

Bahagya pa akong napapikit nung maramdaman ko ang pagdampi ng hangin sa mukha ko..

Ang ganda ganda dito.. Lalo na at ikaw ang kasama ko..

~EEEENNNNKKK...~

"Hoy Sensui.."

Mabilis akong bumalik sa kwarto nung marinig ko ang boses ni Taguro.

"O-Oh??"

"Anong ginagawa mo dyan!?"

"Ahh.. hehehe.. tinignan ko lang yung daga----"

"Di ba sabi ko magpahinga ka!?"

"N-Naakit ako sa lugar e.. s-sobrang ganda kasi heheheheheehe.."

"Kaya mo bang maglakad!? Bababa na tayo.."

"Mmm.. may elevator naman e.. Kaya ko na.."

"Tara.." yaya nya at inantay nya akong makalapit sa kanya.

Nagulat pa ako nung makalapit ako sa harap nya ay biglang iniabot nya sakin ang kanang kamay nya!

"A-Ano yan??" gulat at nagtatakang tanong ko.

"Tss.. malamang aalalayan kita!"

"T-Talaga??"

"Tss.."

"G-Gagawin mo yun Taguro?!"

"Bakit naman hindi??" seryosong tanong nya.

"W-Wala naman hehehehe.."

"Bilis.. Pilay!"

"O-Oh.." sagot ko na mabilis na iniabot ang kamay ko sa kanya. Magkaholding hands kami pero halatang nakaalalay lang sya sakin. Normal na uri ng paghahawak-kamay lang ang ginawa namin ng dalawang taong nagtutulungan sa paglalakad. Yung magkapatong lang ang dalawang kamay namin na para bang magsasayaw dahil bahagya pang nakaangat ito para mas makatungkod ako.

Kahit ganito lang.. hindi mo alam kung gano kasaya sakin 'to..

Nung makapasok kami sa elevator ay tinanguan kami nung babae'ng bantay doon. Kahit pa nasa likuran nya kami ay panay ang lingon nya habang nakangiti kaya naman napatingin si Taguro sa kanya! Masyadong maliit ang elevator na yun para hindi sya mapansin ni Taguro. Unti-unti'ng nawala sa mukha nung babae yung kaninang mapanuksong ngiti nya.

"What are you looking at?" blangko ang mukhang tanong sa kanya ni Taguro.

"S-Sorry Ma'am.. Sir.."

Kunwari ko namang hinigit ang kamay nya bilang warning dahil baka matakot yung babae sa kanya!

"Tss.."

Hindi nakasagot yung babae at napapahiyang tumango samin matapos naming lumabas mula sa elevator.

"Loko ka.. tinakot mo.." bulong ko pa sa kanya.

"Kung anu-anong iniisip nya e.."

"Hahahaha.. bagay daw kasi tayo.."

"Tss.. Asa.."

"Wow ah! Ikaw pa talaga tumanggi ha!?" biro ko at natawa rin sya. Nakaalalay pa rin sya sakin at maya maya lang ay papasok na kami sa loob ng restaurant ng Hotel na yun.. **"Hmm.. I like it here.."** nakangiting sambit ko pa.

Marami rami ring tao ang nandoon pero karamihan sa kanila ay mga mukhang businessperson dahil sa mga attire nila. Halatang mga elegante at busy sa ginagawa kaya naman hanggang sa makapasok kami ay wala man lang ni isa sa kanila ang lumingon samin.. Maliban sa mga waiters na nakangiting sinalubong kami.

"Mayad na gabi!" masasayang bati nila samin at tinanguan naman namin sila. Agad naming natanaw sina Maxwell, Maxrill at Parrot kaya naman mabilis rin kaming naglakad papalapit sa kanila.

"Ang sweet nyo tignan.." panunukso ni Parrot munit tinignan lang sya ni Taguro na pinag-ayos pa talaga ako ng upuan para makaupo ako ng ayos.

"T-Thanks.." mahinang sabi ko pa at saka blangko na naman ang mukha nyang naglakad papunta sa upuan nyang nasa tabi ko. Halos lahat kami ay nakatingin sa kanya nung pagmasdan nya ang kabuuan ng lamesa. May isa pang extra'ng upuan na may plates and utensils.

"Ahh.. paparating rin kasi si Mang Pitong.." biglang sabat ni Maxwell dahilan para tignna sya ni Taguro. **"Um-order na rin ako.."** nakangiting dagdag nya pa at saka bumaling sakin. **"Kumusta na ang pakiramdam mo??"**

"Mmm.. Okay naman na, salamat ulit.."

"Sabi ko magpahinga ka lang e.."

"A-Ahh hahaha.. e kasi n-nagugutom na ako.."

"Pwede ka namang akyatan ni Pein ng dinner don.."

"Tch.. buti nga sana kung gawin nya yun.." mahinang bulong ko at tinignan naman ako ng masama ni Taguro. **"Sungit.."** nakangusong bulong ko pa.

Nung oras ring yun ay lumapit na sa amin ang mga waiters at isa-isa'ng inilapag sa harap namin ang mga putahe.

"Ahh.. nahuli ba ako??" biglang singit nung isang mama na naupo agad sa tabi ni Taguro. Taka syang napatingin sakin matapos nyang maupo. **"Mmm.. may kasama pa pala kayo??"**

"Ahh.. Si Deib Enrile po.." pakilala sakin ni Maxwell. Mabilis namang tumayo yung matanda at iniabot ang kamay nya sa akin. **"Sya si Mang Pitong.. ang caretaker ng Resort namin.."**

"Ahh.. Nice meeting you po.." tumangu-tango pang sagot ko habang nakangiting nakikipagkamay sa kanya.

"Taga-Laguna rin si Mang Pitong, pero dahil katiwala sya ng pamilya namin, sya na lang ang pinadala dito, kasama nya ang pamilya nya kaya naman pumayag na sya.." dagdag pa ni Maxwell.

"Sige sige.. maupo ka na.. Aba'y kegagandang lalaki naman nitong mga kasama ng mga naggagandahang babae'ng ito.." biro pa ni Mang Pitong. **"Hindi ka nila kasabay nung sinundo ko sila, mag-isa ka bang pumunta dito, iho??"** tanong nya pa.

"Ahh opo.. s-sumunod lang po ako.." sagot ko na tumingin pa sa walang emosyong si Taguro na nakatingin sa mga pagkaing inihahain.

"Aba'y mabuti naman at naisipan mong sumunod dito, dahil hindi ka magsisisi.."

"Hahahahaha parang nagsisisi na nga po ako e.. may nagalit po kasi sakin!" sarkastikong sagot ko at tumingin naman sa gawi ko si Taguro.

"Ha?? Sino naman?"

"Hehehehe.. w-wala po.." natatawa kunwaring sagot ko at nakitawa naman sya sakin. Hindi nya na ako nasagot dahil bumaling sya doon sa waiter.

"Salamat.."

"Ige mwoeyo??" biglang tanong ni Maxrill dahilan para mapatingin kaming lahat sa kanya.

"Ahh Mang Pitong, anu-ano po ba ang mga pagkaing 'to??" nakangiting tanong ni Maxwell. **"Sa Korea kasi sya lumaki at hindi masyadong pamilyar sa mga pagkain natin dito.."**

"Mmm.. ito ang tinatawag naming Tamilok.. woodworm yan sa ingles pero hindi nyo pagsisisihan dahil lasang oyster ang mga yan.."

"Eto naman ay Garlic Crabs.. itong isang 'to ay Chicken Binakol.. ito naman ay Maki.. mabigat sa tiyan yan kaya kakaunti lang ang serving nila.. Adobong Pusit.. Seafood Sisig.. ito! Ito! Lato ang tawag dito.. Seafood.. pero kahit saan namang may dagat ay meron nito.. Jayson!" tawag nya doon sa isang waiter na mabilis namang lumapit.

"Sir??" yung waiter.

"Maaari mo bang sabihin kung anu-ano pa ang mga ito? Hindi ko na matandaan ang pangalan ng mga yan.."

"Ahh.. this is Tawilis Bouillabaise Sir.. this one's Sausage Fajitas.. and one of our best dished is Palawan Cashew & Herb Crusted Sole

Fillet with Edamame Puree and Burnt Lemon Butter Sauce.. ito po ay Pandan Sansrival at Choco Lava for dessert.. Nagserve rin po kami ng iba't ibang flavours ng shake.. most specially, buko share Sir.."

"Salamat salamat.." nakangiting sagot pa ni Mang Pitong sa kanya at saka muling bumaling sa amin. **"Ang lahat ng yan ay kakaunti ang serving dahil masyadong marami ang putahe.. Kadalasan talaga ay kakaunti lang ang serving nila dito, dahil bukod sa mahal ang mga rekados ay mayayamang tao naman ang dumadayo sa restaurant na 'to at mas lalo na sa Hotel natin.. Sa mga mayayaman naman ay hindi uso ang kumain ng marami.."** biro nya pa. **"O sige na.. mukhang gutom na kayo dahil pagod pa kayo sa byahe.."**

"Kumain na rin po kayo Mang Pitong.."

"Nako hindi na.. sige na at kumain na kayo, sa bahay na lang ako.."

"Sige na Mang Pitong, sabayan nyo na kami.."

"Nakakahiya naman----"

"Hindi ho.. Sumabay na kayo.." biglang sabat ni Taguro at nakangiting natigilan naman sa kanya si Mang Pitong.

Nagsimula kaming kumain at nag-uusap pa rin sila samantalang nananatili naman akong nakikinig sa kanila.. Halos sina Maxwell at Mang Pitong lang ang nag-uusap pero lahat kami ay nasa kanila ang atensyon.

"Ang totoo ay hindi naman kayo pinapunta ng Chairman dito para asikasuhin ang business nyo dito hahahahaha.. pinapunta nya kayo dito para lamang magkaroon daw kayo ng bonding na magkakapatid.." natatawang dagdag ni Mang Pitong at napatingin naman sila sa kanya. **"Oo.. yun ang totoo.. Maayos naman kasi ang patakbo ng mga namamahala'ng tauhan nyo na nandidito.."**

"Tss.." si Taguro. Ngumisi naman ako ng matindi sa kanya at inirapan nya naman ako!

Inuutusan pala ah??? Hahahahaha! Akin ka na ngayon..

"Pinakiusapan nya akong isama kayo at i-tour para naman maenjoy nyo ang stay nyo dito.. Lalo ka na.." turo nya sa akin. **"Sa tingin ko ay first time mo lamang makapunta dito.."**

"O-Opo.."

"Ako rin po!" nakangiting sagot ni Parrot sa kanya.

"Mmm.. ganon ba?? Kung ganon ay bukas na bukas ay pupuntahan ko kayo sa umaga para naman maigala ko kayo sa kabuuan ng lupain ng mga Del Valle dito.." nakangiting dagdag nya pa.

Nagtuloy lang kami sa pagkain at pagkukwentuhan.

"Kumusta naman ang pag-aaral niyong lahat?? Ikaw Maxwell? Kumusta ang pagdodoctor mo?? Sana ay magkaroon ka ng oras na bumisita dito kapag ganap ka ng doktor, para naman matulungan mo ang mga kababayan nating nandito.."

"Oo naman po, Mang Pitong.. marami po ba'ng nagkakasakit dito?"

"Oo.. maraming may sakit dito lalo na sa balat dahil sa init ng panahon.. mabuti na lamang at tag-ulan na rin.. pero hindi pa rin nawawala ang init sa simoy ng hangin.."

"Ganon po ba??"

"Oo, marami rin ditong hindi maganda ang lagay ng presyon ng dugo.. Kaya naman marami rin ang mainitin ang ulo hahahahaha.."

"Ahh hahahaha.. e kayo?? Kumusta naman po ang pangangatawan nyo??"

"Aba e, malakas pa naman hahahaha! Awa ng Diyos ay naitataguyod ko pa naman ang pamilya ko.. salamat sa malaking tulong ng pamilya nyo sa pamilya ko.."

"Ahh.. katiwatiwala naman po kasi kayo kaya hindi talaga nila kayo pababayaan.. Don't worry Mang Pitong, I'll talk to Chairman.. sana ay pumayag syang makapagpatayo ako kahit ng maliit na Clinic dito para sa mga kababayan nating nandito.."

"Aba'y talaga?? Nako e maraming matutuwa sa plano mong yan! Ang pinakamalapit kasing ospital dito ay nasa dulo pa ng kabilang baryo.. kinakailangan mo pang mamangka papunta doon kaya naman bago mo madala doon ang pasyente ay kritikal na.."

"Tsk tsk tsk.. Ganon po ba?? Matagal tagal pa po bago ako maging isang ganap na doktor.. pero kakausapin ko si Lolo para makatulong kahit papano.."

Ang totoo ay natuwa ako sa usapan nila.

Unti-unti ay parang nakikita ko ang ugali nila.

Nung matapos namin ang dinner ay saglit pa silang nag-usap usap bago kami tuluyang makaalis.

"O sige.. bukas ay dadaanan ko kayo sa umaga para naman maigala ko kayo.." pahabol pa ni Mang Pitong.

"O sige po.." si Maxwell.

"I-enjoy nyo ang hangin dahil masarap sa pakiramdam yan.."

"Oo nga po e.."

"O sige na, mauna na ako sa inyo.. Magkita na lamang tayo bukas.."

"Salamat po ulit Mang Pitong.."

"Salamat rin.. O sya Maxpein.. mauna na ako sa inyo.. Sa inyong lahat.. bukas ah??"

"Opo!" masayang sagot ng lahat maliban kay Taguro.

Nung makaalis si Mang Pitong ay saka kami naglakad palabas ng Restau na yun at nagpasalamat sa mga umasikaso samin doon. Panay pa rin ang bati samin nung mga tao habang naglalakad kami papunta sa elevator.

"Hyung.. I need to go to the bathroom.." namimilipit na bulong ni Maxrill kay Maxwell.

"Okay ka lang??"

"Mmm.."

"Dun na kayo.. dito na kami.." si Maxwell habang nakaturo sa kabilang elevator sa dulo.

"Bakit?" walang emosyong tanong ni Taguro sa kanya. Eksakto namang bumukas ang elevator sa harap namin.

"Puno na dito e.."

Sabay naming sinilip ni Taguro ang bumukas na elevator at nakita nga naming may mga tao doon.

"2nd floor??" tanong pa nung elevator girl at wala namang bumaba. Kaya naman mabilis na sumakay sina Maxrill, Parrot at Maxwell doon ay nakangising kakaway kaway pa samin habang sumasara ang pinto.

"Tss.." singhal ni Taguro at saka naglakad papunta sa kabilang elevator.

Ang sakit!

Hindi ko halos mailapat sa sahig na nilalakaran ko dahil kumikirot 'to masyado.. Kinakailangang itingkayad ko ang paa ko'ng yun habang iika-ikang maglakad.

"Mayad na gabi!"

"Mayad na gabi!"

"Mayad na gabi!"

"Mayad na gabi!"

"Mayad na gabi!"

"Mmm.. m-mayad na gabi.." sagot ni Taguro sa mga hotel clerks na nandoon na walang humpay sa pagbati samin.

"Mayad na gabi!" bati sakin nung isang magandang babae kaya naman pilit ang ngiting tinanguan ko sya.

"G-Good evening.." sagot ko.

"Okay na ba yang paa mo??" biglang tanong ni Taguro kaya naman gulat akong napatingin sa kanya. Nakatingin sya sa monitor na nasa ibabaw ng pinto ng elevator.

"A-Ahh oo.. okay okay na.."

"Sige maghagdan ka na.."

"W-What!?" inis na tanong ko at natawa naman sya. **"Tch! Ang sama ng ugali nito.."** inis na bulong ko pa at nilingon nya naman ako.

Muling nagtama ang paningin namin at nginitian nya ako.

"B-Bakit??" takang tanong ko!

Munit nagulat pa ako nung ialok nya ang kamay nya dahilan para manginig ang kamay kong abutin yun!

Ano ba 'tong nangyayari sakin?!

Nung maglapat ang mga kamay namin ay inalalayan nya akong muli sa paglalakad papasok sa elevator. Si Taguro na ang pumindot ng number 8 at saka muling bumaling sakin. Yung elevator girl na nandoon ay syang elevator girl rin kaninang nagbaba samin.

"Pano ka makakasama samin bukas kung ganyan ang paa mo?" biglang tanong ni Taguro na tumingin pa sa paa ko bago tumingin sa mukha ko.

Blangko pa rin ang mukha nya habang deretsong nakatingin sakin.

"A-Ahh.. P-Pinapauwi mo na ako di ba?? Edi hindi na ako makakasama!" nakangusong sagot ko sa kanya.

"Ahh ganon ba?? Sige.. ingat ka na lang sa pag-uwi.."

"H-Hindi mo man lang talaga ako pipilitin!?" inis na tanong ko!

"Tss.. wag pilitin ang ayaw.. Baka pumayag.." nakangising sagot nya.

"8th floor.." mahinang sabi nung babae at bumukas ang pinto. Muling inialok ni Taguro ang kamay nya sakin pero inis akong tinanggihan yun!

"Tch!" iniwan ko sya at mabilis akong iika-ikang naglakad palabas.

Badtrip 'to! Ayaw talaga akong makasama ah?! Tch! Kung si Randall kaya ang nandito?! Ganyan pa rin kaya sya?!

Badtrip!

Inis akong naglakad ng naglakad hanggang sa marating ko ang gitna ng hallway..

Alin nga ba dito yung room nila?!

Badtrip naman oh!

Inis akong nilingon muli si Taguro na mayabang na naglalakad habang nakapasok pa ang dalawang kamay nya sa bulsa!

"H-Hoy hambog!" inis na sigaw ko at tumingin naman sya sakin! **"A-Alin nga ba dito ang r-room natin??"** tanong ko at para naman syang nagtaka! **"A-Ahh.. r-room nyo pala.."** dagdag ko pa!

"Dito pilay.." sarkastikong sagot nya at saka ini-swpire ang card nya sa malaking pinto at bumukas yun!

Sira talaga ulo nito..

Ang room na yun ay Presidential Suite na may apat na kwarto, maliit tignan sa labas munit napakalawak sa loob. May sariling sala rin to sa labas ng apat na kwarto at may terrace rin. Bawat kwarto ay may maliliit na entertainment area at dining area rin at maliit ring veranda.

Mabilis akong naupo sa single sofa at inis na pinagmasdas si Taguro'ng pumunta sa veranda na sinundan naman ni Parrot. Sya namang bukas ng isang pinto mula sa kanan ko at nakita ko si Maxwell.

"Ahh Deib.. dito ka na lang sa kwarto'ng 'to.." nakangiting usal ni Maxwell matapos nyang lumabas sa kwarto'ng itinuro nya.

Nakaramdam naman ako ng hiya sa kanila.

"A-Ahh hindi na.. Nakakahiya naman.."

"Eh? Anong nakakahiya??"

"E s-syempre hindi naman ako bisita dito tulad nyo.. Kahit dito na lang ako magpapalipas ng gabi sa sofa.."

"Hindi ka magiging kumportable dyan.. Sige na, doon ka na.. tabi na lang kami ni Maxrill.. Dalawa naman ang kama sa kwarto nya dahil nasa Master's sya.."

"Ahh hindi na brad.. okay na ako dito---"

"Sige na.. Baka magalit sakin si Pein kapag dyan kita pinatulog hehehehe.."

"T-Tch! Bakit naman sya magagalit? E parang wala ngang pakialam sakin! Pinapauwi na nga ako bukas e!"

"Uuwi ka naman??"

"Oo! Parang ayaw nyang nandito ako! Hindi man lang nagustohan ang pagpunta ko!" Inis na sagot ko na sinulyapan pa si Taguro'ng naninigarilyo!

Nakakaturn off talaga 'tong babae'ng 'to!

"Hahahaha hindi yan.. okay lang sa kanya yan.. Nagulat lang talaga siguro sayo.."

"Tch! Kaya pala pagkakita sakin e tinuhod agad ako?! Napakasadista.."

"Hahahaha.. Hayaan mo na lang muna.. Sigurado naman akong hindi ka nya pauuwiin mag-isa lalo na't hindi okay ang lagay mo.. Okay na ba ang paa mo??"

"Parang mas sumakit na e.."

"Sabi ko sayo ipagpahinga mo na e.."

"O-Okay lang.. Salamat.."

"Mmm.. asan na nga pala ang mga gamit mo? Ako na ang magdadala sa kwarto mo.."

"A-Ahh hehehe.. h-hindi na.. ako nang bahala.. Salamat ulit."

"Sige, ikaw bahala.. Papasok na ako sa kwarto para maligo.. Matulog na kayo.. maaga pa tayo bukas.."

"Sige.."

Nagngitian lang kami at saka ko sya pinanood na makapasok sa kwarto nya. Ilang segundo pa ay nakita ko ng papasok na muli sa sala ang Taguro Brothers.

"Nasan na si Maxwell??" tanong ni Parrot.

"Pumasok na sa kwarto nila.. Matutulog na daw sya.."

"Ahh ganon ba?? Saan ka nga pala matutulog?? Gusto mo dun ka na lang sa kwarto ko??"

"H-Ha?! H-Hindi na! Ayoko!!" tanggi ko pa!

"Psh! Hoy! Ibig kong sabihin e sayo na lang ang kwarto ko at lilipat ako! Ambisyoso'ng 'to!"

"A-Ahh.. H-Hindi na.. B-Binigay na sakin ni Maxwell yung kwarto nya at magsasama na lang daw sila ni Maxrill sa kwarto.."

"Ahh.. sabagay.. Master's bedroom naman yun.. O sya sige na, mauuna na akong pumasok, kayo ng bahala dyan at maliligo pako, inaantok nako.."

"S-Sige.."

"Goodnight Maxpein!"

"Geh.."

"Goodnight Sensui.."

"G-Goodnight.."

"Have a good one.."

Loko'ng 'to..

Pinagmasdan ko sya hanggang sa makapasok sya sa kwarto nya at nung mawala na sya sa paningin ko ay muntik pa akong mapasandal ng todo sa sofa nung pagbaling ko kay Taguro ay nakatingin na sya sakin!

"B-Bakit??"

"Pumasok ka na sa kwarto mo.." blangko ang mukhang dagdag nya.

Hindi ko maintindihan pero ang weird nung tingin nya sakin! Tsk! Pakiramdam ko ay andami dami nyang iniisip!

Iniisip nya kaya talagang paalisin ako dito?? Ayaw nya ba talaga'ng nandito ako!? Badtrip 'tong babae'ng 'to! Wala talagang pakialam sa effort ng iba!

"A-Ako ng bahala sa sarili ko.." nakangusong sagot ko at gulat ko na naman nung biglang naupo sya sa harap ko.

"B-Bakit hindi ikaw ang pumasok sa kwarto mo!?"

"Nandito ka pa e.."

"Oh e ano naman ngayon sayo!?"

"Hindi ako papasok hanggang nakikita kita dito.."

"B-Bakit??"

Hindi nya ako sinagot at nanatili lang syang nakatitig sakin..

This is the best feeling.. when I look at you, and you're already staring..

MAX'S POV

Bakit ba twing nakikita ko ang mukha ng lalaking 'to.. kalmado ang isip ko?

Hindi ko maiwasang mamangha sa mukha nya twing tititigan ko sya..

Makikita mo ang sinseridad nya kahit pa mukhang abnormal sya..

Tss.. nag-aalala rin naman ako dahil sa twing kikilos sya parang may masamang mangyayari sa kanya..

"H-Hoy! A-Ano ba!? Tititigan mo na lang ba ako ha?!" pasigaw na tanong nya.

"Kalalaki mo'ng tao masyado kang maingay.. Maski isang minuto ba hindi ka makakatiis ng hindi ka magsasalita??"

"Tch! Ang yabang mo ah! Sa dami ng kasalanan mo sakin sa araw na 'to pano mo pa nakukuhang sabihin ang mga yan ha?!" halatang inis na tanong nya! **"Hindi mo talaga naiisip yung effort ko sayo e no!?"**

"Tss.."

"Kaninang umaga.. hindi mo pinanood ang laro ko kahit na alam mo namang mas gaganda ang laro ko kapag nandon ka---"

"Nanalo naman kayo di ba?!"

"Oo nga!"

"Edi okay na yun.."

"Iba pa rin kung nandun ka!"

"Tsk.." singhal ko at bumuntong-hininga. **"Kinausap ako ni Chairman.."**

"Kinausap daw.." bulong nya pa. **"Tapos.. pagdating dito.. Hindi ka man lang nangumusta muna! Nagalit ka na agad! O kahit man lang.. magalit ka sa una tapos kumustahin mo ko pagkatapos! Kaso hindi! Parang hirap na hirap kang nakikita ako, ano!? Ganon mo talaga ako kaayaw??"**

"Anong kaayaw?! Tigilan mo nga yang mga naiisip mo.." sabi ko at saka ipinatong ang leeg ko sa sandalan ng sofa'ng yun.. Saglit pa akong tumingin sa kisame at saka ipinikit ang mga mata ko.

"Talagang pagkain lang ang magpapakalma sayo e no?" sarkastikong tanong nya. **"Tch! Kaya ka tumataba e.."** bulong nya pa at bahagya'ng nangiti lang naman ako. **"Sabagay.. maswerte na nga naman ako dahil ako lang yata ang manliligaw na tinititigan ng nililigawan nya.. Ako lang yata ang manliligaw na parang inililigtas ng nililigawan nya hahahahaha.. konting konti na lang talaga Taguro.. iisipin ko ng gusto mo rin ako.."**

Hindi ako sumagot at nanatili ako sa pwesto ko..

Pakiramdam ko ay nakakapgrelax ako sa twing ipipikit ko ang mga mata ko..

Nararamdaman ko ang lahat ng emosyon ko at parang lumulutang ang kaluluwa ko..

Nung mapansin kong masyado ng tahimik ay saka ko dahan dahang iminulat ang mga mata ko..

Hindi ako nagulat nung magtama ang paningin namin..

CHECK OUT THE MULTIMEDIA for imaginary purposes

Nakatingala pa rin sa kisame ang mukha ko habang kasalukuyan naman syang nasa likuran ng kinauupuan ko dahilan para pabaliktad syang nakayuko sakin..

Bahagya syang nakangiti munit nananatili namang blangko ang paningin ko..

Bawat kislap ng mga mata nya ay nakakapagpagaan sa pakiramdam ko..

'Sana tulad mo.. maging masaya rin sana ang pakiramdam ko twing makikita ko ang mukha mo..'

"Pwede ka bang maging akin Taguro?"

Dahan dahan at malambing ang pagkakasabi nya ng huling linyang yun..

Nag-umpisang bumilis ang tibok ng puso ko..

"Sana makalimutan ko ang pangalan mo.. para pwede kitang tawaging *'akin'*.." seryoso'ng bulong nya habang nakatitig at nakayuko sakin. **"Gusto kong guluhin ang isip mo at gusto kong tunawin ang puso mo gaya ng ginagawa mo sakin.."** bahagya pa syang tumawa. **"I want to be the man who makes your bad days better.. and the one that makes you say.. *'my life has changed since I met him'*.."** huminga sya ng malalim at itinungkod ang dalawang siko nya sa sandalan ng sofa'ng yun dahilan para mas maglapit ang mga mukha namin.

Hindi ako nagsalita..

Hindi ko alam kung bakit pakiramdam ko ay gusto ko lang syang pakinggang magsalita..

Ang dahan dahang pananalita nya ay masarap sa pandinig na umaabot sa puso kong unti-unting kinikilig..

"You know what??" biglang tanong nya.

"What?" walang emosyong tanong ko.

"I'm starting to dislike you.." malungkot na sabi nya habang nakatitig pa rin sa mga mata ko dahilan para magitla ako.

"Why?" seryosong tanong ko.

"Because I'm starting to love you.."

Nanigas ang likod ko at hindi na kumportable ang katawan ko.. naiilang na ako sa mga titig nya pero hindi ko magawang iwasan sya..

"Bakit ba masyado akong nagpapakatotoo kapag ikaw ang kaharap ko??" matamis ang ngiti'ng tanong nya pa na animong pinag-aaralan ang mukha ko..

Simula sa anet ko hanggang sa baba ko at dahan dahan nyang tignan isa-isa! Pero mas naiilang ako twing hihinto sa labi ko ang mga titig nya!

"Parang ang hirap hirap magsinungaling sa twing nakatitig sakin yang mga mata mo.." mahinang usal nya pa habang nakatingin sa mga mata mo. **"Hindi naman sobrang ganda ng mata mo pero parang andami daming sinasabi parati.. Mas maganda pa nga ang mata ko sayo kung tutuusin.."**

Nainis ako bigla pero hindi ko ipinahalata.

"Kung anong tahimik ng bibig mo.. sya namang ingay ng mga mata mo.. Kahit hindi ka magsalita, sinasabi nya lahat ng nasa isip mo.. tulad ngayon.. Kitang kita ko sa mga mata mo ang kagwapuhan ko.. Masyadong honest.." nakangising dagdag nya.

Pekyu all over..

Ibubuka ko na sana ang bibig ko para magsalita munit dahan dahan nyang inilapat ang labi nya sa noo ko..

Kasabay ng pagdampi ng mga labi'ng yun ay ang paglunok ko..

"Matulog ka na.." nakangiting sabi nya at saka naglakad papunta sa harap ko. Inialok ang kamay nya at inabot ko naman yun. Saka nya ako tinulungang tumayo. **"Bukas ng umaga.. baka hindi mo na ako maabutan dito.. Hihintayin na lang kita sa Laguna.."** nakangiting sabi nya at saka tinalikuran ako.

Mabilis ko syang hinabol at hinawakan sa braso.. gulat naman syang napatingin dito..

"Sumabay ka na samin pag-uwi sa linggo.." pigil ang emosyong usal ko.

"B-Bakit??"

"Tss.. alam ko namang gusto mo'ng magstay dito para makasama ako.. kunwari ka pa.." mayabang na biro ko.

"Lintek sa yabang.." mahinag bulong nya pa. **"Edi pumapayag ka na?!"** nakangiting tanong nya.

"Oo na.. basta wag ka masyadong maingay.. katabi lang ng kwarto mo ang kwarto ko at konting ingay mo lang magigising ako.."

"Sus.. Ehh... Pwede ba akong matulog sa tabi mo??"

Napaatras pa ako ng bahagya nung ilapit nya ang mukha nya sa mukha ko!

"E kung isampay kita sa veranda hanggang sa makatulog ka??" pananakot ko at nginusuan nya naman ako. **"Pumasok ka na sa kwarto mo, isusunod ko na ang mga gamit mo."**

"Ako na.."

"Sige na pilay.. pasok na don.." sabi ko na sinenyasan pa sya papasok ng kwarto nya.

"Wag mo nga akong tawaging pilay!"

"Wag kang maingay.. natutulog na sila.."

"Tch!" at padabog na naman syang naglakad papasok ng kwarto nya habang iika-ika. Bahagya naman akong natawa sa kanya at saka nilapitan ang mga gamit nya. Binuhat ko ang isang bag nya at hinila ko ang isang maliit na maleta nya..

Para sa dalawang araw, bakit parang pang-isang linggo ang bitbit nito?! Kalalaking tao andaming abubot..

Nakita ko syang nakaupo pagpasok ko..

"Ang ganda ng Hotel nyo ah.." tatangu-tango pang usal nya.

"Sa Lola namin 'to.."

"Sa inyo pa rin.."

"Mmm.. Oh eto na ang gamit mo.."

"Thanks.." matamis ang ngiting usal nya pa.

"Ayun ang banyo mo.. dyan ka na maligo.. Matulog ka na pagkatapos.. maaga pa tayo bukas---"

"Pano 'tong paa ko?! E may benda 'to!?"

Muli ko syang nilingon at tinignan ko nga ang paa nya.

"Edi tanggalin mo yun benda o kaya naman magbath tub ka na lang.. wag mo ng basain yang paa mong yan---"

"Tulungan mo ko.." nakangising tanong nya.

"Tss.."

"Ngayon na lang ako magpapatulong sayo.. wag mo sabihing tatanggihan mo pa ako?!"

"Hoy.. sa dami ng nagawa ko para sayo.. anong ngayon lang magpapatulong ang sinasabi mo?! E ngayon nga lang e ako ang nagbuhat at naghila nitong nagbibigata'ng mga gamit mo! Kaya mo yan mag-isa!" inis na sagot ko at muling tinalikuran sya.

"Bahala ka.. hindi ako maliligo!"

Muli akong inis na nilingon sya.

"Edi wag.."

"Talaga!"

"H-Hoy Sensui.. wag ka ngang parang bata!"

"Hindi talaga ako maliligo!"

"Wala akong pakialam sayo! Gawin mo lahat ng gusto mo! Bahala ka dyang mamaho!"

"Taguro naman.."

"Maliligo rin ako bago pa matulog! Inaantok nako kaya bahala ka na sa buhay mo!"

"Maliligo ka rin pala e.. edi sabay na tayo.."

Gulat akong napatingin sa kanya at hindi ako nakapagsalita!

"Oh?! Bakit?! Hahahahaha.. E lalaki ka rin naman di ba?! Hahahahahahaha!" biglang biro nya dahilan para matawa ako. **"Boses lalaki ka nga e! Kadiri 'to.. kagandang babae, boses lalaki naman sa telepono.. Yak!"**

"Sige na.. mauuna nako.. inaatok na talaga ako.. Matulog ka na, baka hindi ka magising ng maaga.. kailangan nating gumising ng maaga.. Wag kang magpapalate.." nakangiting sabi ko at saka tuluyang lumapit sa pinto.

"T-Taguro.." tawag nya at muli akong lumingon sa kanya bago ko isara ang pinto nya**. "Wag mo kalimutan lahat yung sinabi ko ah?? Yung kanina lang.. wag mong kalilimutan.."** nakangiting sabi nya at saka ko sya tinanguan at sinara ang pinto.

Napabuntong-hininga ako bago nagtuloy sa kwarto ko.

Grabe naman pala manligaw yun.. tsk tsk..

Matapos kong magmuni muni ay naligo na ako at saka natulog.

• K • I • N • A • B • U • K • A • S • A • N •

DEIB'S POV

"Wooooooohh! Eto na yata ang pinakamasarap na tulog ko.." nakangiting sabi ko sa sarili matapos bumangon. Nakangiting iginala ko pa ang paningin ko sa kabuuan ng kwarto'ng yun at saka mabilis na tumayo para lumapit sa maliit na ref na nandon**. "May tubig kaya dito?"** bulong ko pa at saka binuksan yun. Nung makakita ako ng tubig ay agad kong kinuha yun at saka ako uminom!

Ang lamig!

Matapos kong uminom ay kinuha ko ang bag ko para ilabas ang mga damit na isusuot ko.. Maya maya pa ay naligo na ako..

Freshness!'

Tinitigan ko ang sarili ko sa salamin..

"Gising na kaya si Taguro???"

Mabilis akong kumilos at saka lumabas..

"Woooow! Summer na summer ang datingan natin ah?!" si Parrot.

Tinignan ko ang sarili ko..

Nakasando ako ng magkapatong na puti at itim at nakalight blue na pedal pants. Nagsuot rin ako ng shades at saka nagsuot ng hat.

Tch! Hindi kita papatulan dahil ayaw kong masira ang magandang araw ko..

"H-Hehehehe.." pilit ang tawa'ng ganti ko sa kanya.

"Baka gusto mo ng sarong?! Hehehehe.." biro nya pa.

"Hindi na.. Salamat.."

"Mainit sa labas.. mangingitim ka.."

"Okay lang, minsan lang naman hehe.. at saka, mabilis naman akong pumuti.."

"Oo nga e, grabe yung binti mo noh?! Parang manekin?! Asteeeeg!"

Napansin nya pa yun!?

"A-Ahh hahaha.."

"Iba na talaga bigtime e noh?! Porselana ang skin.. tsk!"

Baka nga mas mayaman ka pa samin!

"S-Si Taguro??" pag-iiba ko sa usapan.

"Nakoooo.. tulog pa yun malamang!"

"E bakit hindi mo pa gisingin!?"

"Ano ka ba.. ayaw nun ng ginigising sya.. Alas syete palang oh.."

"Ha?!"

"Mmm.. kapag ganitong walang pasok ay alas nuebe kung magising yun.. Hehehehe.. May trabaho kasi kami twing sabado kaya naman sanay rin syang gumising ng maaga.."

"A-Anong maaga sa alas nuebe!?"

"Sige.. baliktarin natin, gawin nating gabe! Letse ka! Bakit sakin ka nagagalit e kasalanan ko bang tulog pa sya! Ikaw ang pumasok don! Gisingin mo, ng maflying kick ka!"

"Anong ingay yan??" sabay kaming napatingin sa biglang singit ni Maxwell. Pareho pa kaming nakaramdam ng hiya ni Parrot nung makita naming mukhang bagong gising pa sya.

"Eto kasing isang 'to, parang kasalanan ko pa't tulog pa si Taguro.. sabi ko, sya na gumising ng maflying kick sya ng matinde.."

"Ahh hahahaha.. sige nga, tignan natin kung magagawa mo syang gisingin.." nakangiting hamon pa sakin ni Maxwell at nagulat naman ako.

Talaga bang ayaw nya ng ginigising sya??

"Sige.. I dare you.. gisingin mo si Maxpein!" mayabang na hamon sakin ni Parrot!

"Hahahahaha.. Goodluck bro.." sabi ni Maxwell na tinapik pa ang braso ko at saka muling bumaling sa kwarto nya. **"Maliligo nako.."**

"Sigeeeeee.. tignan natin.." dagdag pa ni Parrot na pumamewang pa.

Kinabahan naman ako bigla!

"At kapag nagawa mo syang gisingin ng hindi nasasaktan.. ibig sabihin, malapit ka na nyang sagutin.."

"T-Talaga?!"

"Oo!" pang-uuto nya pa!

"S-Sinong niloko mo!" inis na sigaw ko sa kanya!

"Bahala ka.. sinasabi ko sayo.. 'tong utak ko, sa sobrang talino, lahat ng naiisip ko, nagkakatotoo.."

"At saka isa pa.. wala namang mawawala kung susubukan mo.. Hehehehe! Masasaktan ka nga lang.."

"H-Hindi na!"

"Psh! Bading ka pala e!"

"S-Sinong bading!? H-Hoy! Nirerespeto ko lang ang oras ng tulog ni Taguro!"

"O edi sige.. iwanan na lang natin sya.. Ang alam ko nakaligo na si Maxrill at nakaligo na rin naman ako.. Nakaligo ka na at pumasok na si Maxwell para maligo.. Ano ba naman yung hindi na lang natin isama si Taguro sa gala.. dahil alam kong dadating na si Mang Pitong ng alas-otso----"

"Oo na! Oo na!"

"Hahahahaha gigisingin mo na sya????" excited pa'ng tanong nya!

"Oo dahil ayaw kong maiwan sya! Kaya nga ako nandito para makasama ko sya e!"

"Okay, then gooooo! Hehehe! I'll pray for you.."

Hindi kaya OA lang 'to?! Tch! Bakit naman gagawin ni Taguro yun!? Sakin pa talaga ah!? No no no no no no.. Hahahahaha! Alam kong hindi nya ako magagawang saktan..

Mayabang kong iniwan sya ng tingin at saka ako naglakad papunta sa kwarto ni Taguro.. Nakangising sinulyapan ko pa si Parrot bago ko dahan dahang buksan ang pinto ng kwarto ni Taguro.. Sumilip muna ako bago tuluyang pumasok..

Dahan dahan kong binuhat ang upuan na nandoon at saka ako naupo sa side ng kama kung saan mas malapit sya at kita ang mukha nya. Itinungkod ko ang dalawang siko ko sa tuhod at saka nakapangalumbaba'ng tinitigan sya..

Ito ang pangalawang beses na papanoorin kitang matulog..

Sana.. sa susunod na panoorin kita'ng matulog.. asawa na kita hehehehehe..

Napanganga ako nung biglang bumukas ang mga mata nya at tumingin sakin!!! Mabilis naman akong nakarecover pero dahil bumilis rin ang tibok ng puso ko ay pilit na ngiti ang nagawa ko!

"G-Good morning sunshine.." mahinang bulong ko, yung eksaktong maririnig lang nya. **"S-Sorry kung nagising kita.."** kabadong dagdag ko pa.

Pero hindi sya nagsalita..

Nanatili syang nakatingin sakin at ni isang galaw mula kanina ay wala syang ginawa.

Baka magkatotoo nga ang sinabi ni Parrot ah!?

Napakapit ako ng mahigpit sa panga ko habang kabado'ng nakatingin sa kanya..

May dalawang metro naman siguro ang layo ko sa kanya pero sa bilis ng kilos nya ay hindi malabong masipa nya ako agad!

Badtrip!

"T-Taguro.." mahinang usal ko pa. **"P-Parang tinutunaw mo naman ako sa mga t-titig mo.."** biro ko pero hindi pa rin nagbago ang reaksyon ng mukha nya. **"D-Dapat na ba akong kabahan dyan sa mga tingin mo?? S-Sige aalis nako---"**

"Dyan ka lang.."

"H-Ha??"

"Dyan ka lang.." ulit nya pa at naupo namang muli ako. Lalong bumilis ang tibok ng puso ko pero hindi ko magawang magpanic dahil nakatitig pa rin sya sakin!

Ano bang ginagawa nya?!

10

9

8

7

6

5

4

3

2

1

At kusa syang bumangon!

"Lumabas ka na.. maliligo nako.." usal nya at saka naglakad papunta sa bathroom ng kwarto nya!

I survived?!

Kinapa ko pa kunwari ang mukha ko at...

I survived!!!!

Bwahahahahahahaha!

Gusto kong tumawa ng malakas pero hindi ko magawa! Nakangiti akong napatingin sa nilakaran ni Taguro at nakangiti pa'ng tumitig ako sa pinto ng banyo! Naalala ko ang sinabi ni Parrot!

"At kapag nagawa mo syang gisingin ng hindi nasasaktan.. ibig sabihin, malapit ka na nyang sagutin.."

Hahahahahaha! Ano ka ngayon Parrot?!

Nakangiti pa rin akong tumayo mula sa pagkakaupo at ngingisi ngising lumabas ng kwarto'ng yun!

Mabilis akong nakita ni Parrot na nagkakape na! Bakas ang pagkagulat sa mata nya dahilan para mapatayo pa sya at panoorin ako habang papalapit sa kanya! Mayabang na inilapat ko pa ang dalawang kamay ko at ipinakita sa kanya ang kabuuan ng katawan ko!

Nakangising umikot pa ako sa harapan nya nung tuluyan akong makalapit sa kanya.

"Ano ha?!" mayabang na tanong ko sa kanya na inilapit ko pa ang magkabilang pisngi ko. **"May bangas ba!? Asan?? Ha?? Asan!?"** mayabang na tanong ko pa!

"H-Hindi sya nagalit?!"

"Hahahahahahaha.. kaya nga tinatanong kita kung may damage ba e!?" sabi ko na inilapit na naman ang mukha ko! Bakas ang pagkagulat sa mukha nya habang pinagmamasdan ang mukha ko! **"Oh e pano?? Ibig sabihin.. sasagotin na pala talaga ako ni Taguro!?"**

"H-Ha??"

"Yun ang sabi mo kanina di ba?!"

"A-Ahh hahaha!" pilit na pilit ang tawa nya na tumingin sakin. **"Psh! Bakit ganon!?"**

"Bakit??" nakangiting tanong ko pa rin at tumingin naman sya ng masama sakin!

"May hindi sinasabi sakin yun e.."

"Ha??"

"May hindi sya sinasabi sakin.."

"Ano?! Hindi kita maintindihan!"

"Hindi mo talaga ako maiintindihan dahil hindi naman kita kaibigan!"

Ano bang sinasabi nya!?

"Makainarte lang sa umaga, bat ba?! Hahahaha!" biglang biro nya at saka pinamewangan na naman ako! **"Tsk tsk tsk! Kakaiba ka Sensui! Ang lakas mooo! Hahahahaha! Congrats ng malaki sayoooo!!!"**

Abnormal nga sya.. Tsk tsk..

"H-Ha ha ha ha.." pilit na pilit ang tawang ganti ko dahil sa sobrang wirdo nya sa paningin ko!

"O sya.. maupo ka na dito at magcoffee ka.. May gatas rin dyan kung isip bata ka.." daldal nya pa. **"Hintay lang tayo ng konti at nagpahatid na ako ng breakfast dito.. Naligo na ba si Max??"**

"Mmm.." tango ko at saka nagsalin ng kape ko.

"Ano nga palang nangyari!? Anong sabi nya?! Ginising mo ba?! Anong sabi mo?!"

"A-Ang totoo.. h-hindi ko naman sya ginising.. Gigisingin ko pa lang sana sya kaso.. hindi ko maiwasang titigan sya habang natutulog sya----"

"Nakaaaaa!"

"Ha?!"

"Nakaaawww.. tsk tsk.. Inlove ka na nga! Oh tapos?!"

Kakaiba talaga 'tong magkaibigang 'to! Magkasalungat pero parehong wirdo!

"T-Tapos katititig ko sa kanya nagulat na lang ako, gising na sya.."

"Talaga!?"

"Mmm.. wala akong ginawa bukod sa titigan sya.. Sya ang kusang nagising.."

"Hahahahahaha!" malakas na tawa nya na naman.

"B-Bakit?!"

"E hindi mo naman pala sya ginising e! Sya ang kusang nagising! Hindi ka pa rin pala pasado!"

"A-Ano!? E hindi ba't ganon na rin yun!?"

"Sorry Sensui pero hindi ganon yun! Ang usapan ay *'gigisingin'* mo sya.. pero ang ginawa mo ay kusa syang nagising!"

"A-Ang daya naman!"

"Anong madaya?! Psh! Totoo naman ah! Wala ka kamong ginawa bukod sa titigan sya at sya ang kusang nagising di ba?! Anong madaya dun!? Psh! Hoy.." sabi nya pa na tumuro sakin. **"Ikaw nga.. wag mong maidaan daan sa hula at pamahiin yang nararamdaman mo para ke Taguro.. kung talagang magiging kayo e magiging kayo.. Maflying kick**

ka man nya o hindi, hindi sapat na basehan yun para malaman kung magkakatuluyan kayo! Minsan minsan e wag kang maniniwala sakin.. kasi may sapak rin ako lalo na't ganitong maaga! Hahahahaha!"

"Tch! Ewan ko sayo!" inis na sigaw ko sa kanya at saka inis na tumayo at naglakad papuntang veranda!

Badtrip! Sobrang daldal kasi e!

E bakit nga ba naniwala ako sa sinabi nya?! E kahit naman hindi nya sabihing may sapak sya.. halata naman! Badtrip!

Inis akong binuksan ang sliding glass door doon at saka lumabas at sinalubong naman ako ng fresh na fresh na hangin..

Hmmmmm.. sarap...

Wooooooowww..

Hindi ko napigilan ang sarili kong mapanganga nung makita ko ang kagandahan ng dagat na nasa harap ko!

Simula sa pinakamalapit sakin at nag-iiba iba ang kulay nito habang lumalayo!

Clear water ang nasa dalampasigan.. light green ang sunod at green naman ang susunod pa hanggang sa umabot sa blue!

Ang ganda ganda..

"Hoy Sensui pumunta ka na dito.. nandito na ang breakfast!" dinig kong sigaw ni Parrot dahilan para maisara ko ang natuyuan ng laway kong bibig dahil sa tagal na nakanganga!

Humanga talaga ako sa ganda nang tanawin at pakiramdam ko wala akong dapat problemahin..

Nakakarelax!

Sobrang nakakarelax!

Kaya naman pagpasok ko muli sa loob ay parang okay na ult ako hehehe!

Nawala yata lahat ng pagkabadtrip ko simula nung pinanganak ako!

"Grabe.. angganda ng view!" hindi ko maisawang masabi pagkapasok na pagkapasok ko! Nakaupo na rin doon sina Maxrill at Maxwell, wala pa si Taguro. Si Parrot ang nag-asikaso ng food sa harap namin.

"Oo, hindi mo lang siguro napansin kagabi kasi madilim na rin nung dumating ka.." si Maxwell.

"Oh kaya naman e masyadong abala kay Taguro yang isip mo kaya naman wala ka ng makita hahahaha.." singit na naman ni Parrot! Hindi ko sya pinansin dahil hanggang ngayon ay tinatanaw ko pa rin mula sa

kinauupuan ko ang ganda ng dagat. **"Mamaya mo na titigan.. pupunta naman tayo dyan.."**

"Talaga?!" masayang tanong ko.

"Oo.. igagala nga tayo di ba!? Malamang, parte ng gala yan hehehe.."

Kahit sarkastiko ang dating nya ay hindi ako nainis dahil nagbago talaga ang pakiramdam ko..

Masyadong gumaan ang pakiramdam ko at masaya ito..

"Where's Noona??" takang tanong ni Maxrill.

"Max!" sigaw ni Parrot. **"Kakain na! Breakfast!"**

~KLAAAAAAKK~

Dinig naming bumukas ang pinto..

Agad akong napatingin doon at hinintay kong makalabas si Taguro..

Simple black dress ang suot nya at nakatsinelas lang at black sunglasses!

Minsan na rin akong nabighani sa ganda nya nung minsan makita ko syang maggown.. Pero iba ang dating sakin ng Taguro'ng nakikita ko ngayon!

Dahan dahan syang naglakad papalapit samin!

Ang cute cute nya..

Hindi ko man tanaw ang mga mata nya dahil sa sunglasses na suot nya.. pakiramdam ko naman ay nasakin ang ang paningin nya!

"Good morning!" si Naih!

"Morning.." si Maxwell.

"Jeoun achim, Noona.."

"Good morning.." malaki ang boses na usal nya at saka..

Naupo sa harap ko!

Ano bang nangyayari sakin?! Badtrip! Ang wirdo ko na rin!

Hinubad nya ang sunglasses nya at saka nagtama ang paningin namin!

"Where's my coffee??" seryosong tanong nya habang nakatingin sakin!

"H-Ha??"

"Where is my coffee??" ulit nya pa!

"Hoy Sensui! Kape daw!!" sigaw ni Parrot! Napatingin naman ako sa kanya at saka muling naibalik kay Taguro ang paningin ko! Wala man lang nagbago sa itsura nya! Nananatili itong blangko!

"A-Ahh.. Oo!" mabilis na sagot ko at saka mabilis ring kumuha ng cup at teaspoon! Mabilis akong lumapit sa tatlong hilera'ng coffee maker na

nasa dulo ng dining table! **"A-Anong gusto mo?? E-Espresso?? M-Mini Mocha?? O etong B-Black lang???"**

"Ano sa tingin mo??" seryosong tanong nya at nagitla naman ako.

"Halaaa.. hahaha.. Hindi ka kakain hangga't hindi mo nalalaman ang paboritong kape ni Taguro!" pambubuyo ni Parrot! **"Bilisan mo Sensui! Tumatakbo ang oras! Tik tak! Tik tak! Tik tak! Tik tak! Hahahahaha!"**

Badtrip kang Parrot ka!

Alin ba kasi dito!!!!!

Kung ibabase ko ang mga kape'ng 'to sa personality nya.. sa tingin ko ay yung black ang dapat kong piliin.. Pero kung ibabase ko sa looks nya, Mini Mocha ang pipiliin ko! Pero dahil mas gusto kong pagbasihan ang feelings ko sa kanya hahaha! Espresso ang pipiliin ko dahil eto rin ang gusto ko!

Nakangiting hinila ko ang lalagyan ng espresso at isinalin sa cup nya! Kahit pangit ay pinilit kong bumuo ng heart sa ibabaw nun hahahahaha!

"Eto na po Taguro.." pigil ang ngiti'ng sambit ko na inilapag sa tabi nya ang cup.

"Thanks.." pormal na sagot nya at saka naman ako nakasimangot na bumalik sa upuan ko.

"Ang sweeeeettt!" panunukso ni Parrot! **"Kailangan ay bukas ng umaga, bago sya maupo sa upuan nya, nakapagready ka na hahahahaha!"**

Tch! Bakit ako maniniwala sayo?! E abnoy ka!

Hindi ko sya pinansin at saka ibinaling na lang kay Taguro ang akin paningin.

Pinagmasdan ko sya habang tinititigan ang pagkain nya at isa-isa'ng tinitignan gamit ang fork nya.

Nung mapansin nyang nakatingin ako ay dahan dahang napunta sakin ang tingin nya!

"Bakit hindi ka pa kumain?" seryoso pa ring tanong nya.

"A-Ahh hahaha.. Inaantay pa kita e hehehe.. Baka kasi kailangang mauna ka rin bago ako kumain.." biro ko.

"Tss.." singhal nya at nginitian ko naman sya!

Mabilis kaming nagsimula sa pagkain at panay pa rin naman ang kwentuhan..

Excited si Parrot na gumala at kumuha ng pictures habang si Maxrill naman ay gusto daw maglaro.. Si Maxwell naman ay ayaw maligo dahil

kailangan daw nyang imaintain ang kulay nya dahil sa ospital daw sya nagtratrabaho..

"Hindi naman na masyadong mainit! Ang arte mo! Haller?! Tapos na kaya ang summer?!" si Parrot kay Maxwell.

"E bakit ba kasi kailangan mo pa akong pilitin? Makakalangoy ka naman kahit wala ako.." salubong ang kilay na sagot ni Maxwell sa kanya.

Grabe.. magkapatid nga sila..

"Ang KJ mo!" inis na sigaw ni Parrot sa kanya!

"Yeah right.."

"I can come and join you.." tatangu-tango pang sabat ni Maxrill at parang touched namang tumingin sa kanya si Parrot..

"Ahh.. buti ka pa Maxrill! Don't worry hehehe.. I'll take pictures of you.. and us, together.."

"Okay.."

Magkakapatid nga sila!

Maya maya pa..

~KNOCK! KNOCK!~

"Mmm.. si Mang Pitong na sigurado yan!" sumubo pa ng isa si Parrot at saka tumayo at lumapit sa pintuan. **"Mang Pipipipitooongtongtong!!! Hehehehehe!!!"**

"Mayad nga timprano!" nakangiting bati ni Mang Pitong sa kanya.

"Maganda'ng umaga rin po hehehe.. pasok po kayo.."

"Salamat bagay.."

"Nakapag-agahan na po ba kayo?? Sumabay na po kayo samin!"

"Nakooo hindi na at andami ko ng nakaing tinapay.."

"Sige na po, marami naman po yung hinatid samin.."

"Ahh oo, ako ang nagpahatid ng mga yan.. Hindi na at hindi naman ako sanay kumain ng marami sa umaga.. sige na at kumain na kayo.."

"Sige po.."

Hindi na nagpapapilit pa si Mang Pitong kumain, at nagtuloy naman kami sa pagkain. Maya maya pa ay tapos na kami.

"San ang punta natin Mang Pitong??" tanong ni Maxwell sa kanya.

"Sa El Nido.. hinihintay rin tayo doon ng mga tao'ng malalapit sa pamilya nyo.."

"Waaaaaa yan yung nakikita ko sa TV! Gusto ko yan! Gusto ko yan!!!" sigaw ni Parrot na nagtatatalon sa tuwa habang inihahanda ang

camera nya.

"Hahahahaha oo, maganda doon.."

At sumakay kami sa yate at pinaandar naman nilang agad yun.

"Magandang magsnorkling doon.."

"Nako, e dadaladalawa naman po kaming lalangoy!" nakangusong sagot ni Parrot.

"E bakit naman?"

"Killjoy kasi ang tatlong yan! Ayaw magsilangoy!"

"W-Wala akong sinabi ah!?" nakangusong sagot ko.

"E hindi ka rin naman nagsasabing gusto mong magswimming! E nagdala ka ba ng damit!?"

"H-Hindi.."

"See?! Edi ayaw mo ngang lumangoy!"

"M-Malay ko bang lalangoy.."

"Psh! Tse!" singhal nya pa! **"Si Maxwell ay ayaw mangitim at paniguradong tatamarin si Max.. eto namang isang 'to e hindi pa nagdala ng damit kaya malamang kaming dalawa lang talaga ni Maxrill ang prepared!"**

"E-Edi ako na lang ang magpipicture sa inyo.." bawi ko.

"Oo nga noh?? Hehehehe sige sige gustooo ko yan!"

Ilang oras rin ang naging byahe namin bago pa kami tuluyang nakarating sa El Nido..

Pagkababa pa lang namin ng yate ay nakita na namin ang mga nagkakawayang tao na sumalubong samin! Para silang isang pamilya, iisa lang ang kulay nila at halos magkakahawig rin naman sila. May mga kaedad kami pero lamang ang mga may edad na.

"Yaaaaaaaaa!"

"Ang gugwapo.."

"At magaganda ah.."

"Tagalog ang salita nila.."

"Oo nga.."

Bulungan ng mga kaedad namin.

"Good morning po.." bati ni Maxwell sa kanila.

"Helloooo poooo!!!" nakangiting bati ni Parrot sa kanila.

"Mayad nga timprano sa inyo!" nakangiting bati nung isa'ng may edad ng babae.

"Maganda'ng umaga rin po.. ako po si Zarnaih.. naih for short heheheheh.."

"Ahh Zenaida, sila nga pala ang apo ng Chairman Moon.. kasama rin nila ang dalawa pang kaibigan nila.." si Mang Pitong.

"Mabuti naman at nakarating kayo dito sa amin.. masaya kami'ng nakabisita kayo dito.." baling naman nung matandang babae sa amin.

"Masaya rin po kami, ang ganda ganda ng lugar nyo.."

"Aba'y oo.. mabuti naman at nagustohan nyo.. Sige.. halika na kayo dito at mainit.." at niyaya nila kami sa isang kubo doon. **"Naghanda kami ng kaunti'ng makakakain para naman matikman nyo ang masasarap na putahe namin dito.."**

"Ahh sige po, salamat." nakangiting bati pa ni Maxwell sa kanila.

Dinala nila kami sa isa sa mga hilera'ng kubo na nasa harap ng napakagandang view.

"Maupo kayo.." sabi pa ulit nung tinawag na Zenaida.

"Oh eto.. kinilaw yan kung tawagin dito sa amin, Tuna Ceviche naman kung tawagin sa ingles.. Meron rin kaming inihaing grilled prawns at Blackened Blue Marlin.."

DROOOLS

"Sige na.. ito na ang kanin.. Kumain kayo habang nagkukwentuhan tayo.. maaaring napagod kayo sa byahe nyo papunta dito.." nakangiting sabi pa nito at saka kami nagsimulang kumain.

"Ang saraaaaappp!" malakas na sigaw ni Parrot nung kumakain na kami. **"Grabe! Iba ang isa'ng 'to! Blue Marlin ba po 'to?! Mahal 'to di ba?? Ngayon alam ko na kung bakit hehehehehe.. sarap sarap.."**

"Oo, mahal nga ang isang yan.. Pero napakasarap, hindi ba??"

"Oo nga po, soooobrang sarap hehehehehe!"

"Hoy, magdahan dahan ka nga, baka mabulunan ka.." suway ni Taguro sa kanya.

"Hehehehe.. stop me!"

"Tss.."

Maya maya ay biglang sumingit si Mang Pitong na may dala'ng buko shake.

"Oh, ito ang inumin nyo.." nakangiting sabi nya at saka naupo sa harap namin ni Taguro. Pinagmasdan nya kami habang kumakain..

"Kumain na rin po kayo Mang Pitong.." si Maxwell.

"Oo.." sagot nya at kumuha ng dahon ng saging at doon nakakamay na kumain. **"Natatandaan mo ba ang lugar na ito Maxpein??"** nakangiting baling nya kay Taguro na agad namang takang tumingin sa kanya at umiling. **"Hahahahahaha.. paano mo nga ba matatandaan e bata'ng bata ka pa nung makarating ka dito.."**

"Oo nga, bata pa lang ay maganda na sya munit hindi ko inaasahang mas gaganda sya ngayong malaki na.." si Aling Zenaida.

"S-Salamat ho.." nahihiyang sagot ni Taguro sa kanila.

"Aba, nandito na pala ang mga taga-Maynila?!" biglang malakas na sabi ng isang may edad na ring babae mula sa likuran namin. Nilingon naman namin siya at pinanood na makapasok sa kubo.

"Oh Nimfa?? Halika na't kumain.." yaya ni Aling Zenaida sa kanya.

"Oo, salamat, tapos na ako.. Ay Diyos ko ang gagandang nilalang ng mga ito.." namamangha'ng sabi pa nito habang pinagmamasdan kami isa-isa.. **"Sinu-sino na ba sa inyo ang tatlo'ng apo ng Chairman??"**

"Ahh.. kami po.." nakangiting sagot ni Maxwell na itinuro pa ang dalawang kapatid. **"Mga kaibigan naman po namin sila.."**

"Ahh talaga?? Ang isa ba'ng ito ay si Maxpein na??"

"Opo.."

"Aba.." namamanghang sabi pa nito na tinitigan ang mukha ni Taguro. **"Maaari ko bang hawakan ang mukha mo iha??"**

"H-Ho??"

"Hahahahaha.. aba'y napakaganda moooo!" malakas na sigaw nito ay hinawakan ang mukha ni Taguro na nahiya naman agad!

Tama po kayo..

"Pwede'ng pwede kayong magtrabaho sa telebisyon para mapanood kayo ng mga tao! Ang isa namang ito ay... nobya mo Maxwell??"

"Ha?? Hindi po.. hehehehe.. Kaibigan ni Maxpein yan.." sagot ni Maxwell.

"Ahh ganon ba?? Bakit hindi mo ligawan? Napakaganda rin ng isang 'to.."

"A-Ahh hahaha---"

"Nako hehehehe hindi po namin type ang isa't isa.." singit ni Parrot sa kanila.

"At ang gwapo namang ito??"

Tumingin silang lahat sa akin!

"Yiiiieeeeeeee!!"

"Yaaaaa ang gwapo nya.."

Bahagya pa akong napalingon sa dalawang kaedad namin na hindi ko namalayang nasa bandang gilid ko pala.

"Ito na ba ang nobyo mo Maxpein, iha??"

"H-Ho?!" gulat na tanong ni Taguro.

"Nobyo mo ba kako ang isa'ng 'to?? Bagay na bagay kayo oh!"

"H-Hindi ho.." napapahiyang sagot nya pa.

"Aba'y bakit hindi?? Bagay na bagay kayo!"

Yeaaaahh!!!!

"Ahh.. Hindi ho.." nakangiting sagot pa ni Taguro.

"Yiiiieeee hindi sila!"

"Oo nga hihihihihi."

"Ang gwapo nya talaga.."

"Sobra.."

Badtrip talaga 'to si Taguro..

"K-Kuya.. Pwede bang m-malaman ang pangalan mo??"

Gulat akong napatingin sa isa sa mga babae'ng nandoon, mukha syang mas bata sakin.

"A-Ahh.. I'm Deib.. Deib Enrile.." sagot ko.

"Kyaaaaaaaaaaahhh!! Angganda ng pangalan mo!!!!"

"A-Ahh hehehe.. s-salamat.." nahihiyang sagot ko.

"A-Ako nga po pala si Gabs.." pakilala nya.

"H-Hi Gabs.." sagot ko at iniabot ang kamay ko.

"H-Halaaaa! O-Okay lang po ba'ng h-hawakan ko ang kamay nyo??"

"O-Oo naman.." nahihiya ring sagot ko.

"Kyaaaaaaaaaaahhh!!!!" sigaw nya pa nung abutin ang kamay ko.

"A-Ako naman po si Patricia.." pakilala naman nung isa.

"Deib.."

"N-Nice meeing you po.."

"Kayo rin.."

"Nako mga bata tigilan nyo na yan at nahihiya ang mga bisita natin.." nakangiting suway sa kanila ni Aling Zenaida.

"Opo.."

"Mga taga-Cavite kami.. pero pinagkatiwalaan kami ng Chairman na dalhin dito para alagaan ang mga naiwan ng Lola nyo.." nakangiting dagdag ni Aling Nimfa. **"Ako ang namumuno sa grupo namin dito..**

kaya naman kung mapapansin nyo, sanay na sanay pa rin kami sa Tagalog.. Dito na rin halos lumaki ang mga anak at apo namin.."

"A-Ahh ganon po ba??" si Maxwell.

"Hindi ba't ikaw yung doktor??"

"Opo.."

"Nako.. napakahusay mong doktor ano?? Napakaswerte naman ng mga magiging pasyente mo.."

"Nako.. hehehe h-hindi naman po.."

"Mmm.. ang balita ko dito kay Pitong ay balak mong magtayo ng Clinic dito sa atin??"

"Oo nga po.."

"Sana nga, kailangan ka namin dito.."

"Kumain ka pa..."

Gulat akong napalingon nung bigyan ako ng Blue Marlin sa dahon ko ni Taguro.

"I-Ikaw??" parang wala sa sariling tanong ko.

"Anong ako?" seryosong tanong nya.

"B-Baka kokonti ang kinakain mo?? Kumain ka pa.."

"Okay lang.. basta busog ka.." nakangising sagot nya at..

TUGUDUG!*TUGUDUG!*TUGUDUG!

NAGWALA NA NAMAN ANG DIBDIB KO!

"A-Ahh.. s-sige na, kumain ka pa.." naiilang na sagot ko at kinuhaan ko naman sya ng crab.

Pano ba bubuksan 'to?!

Hindi ko ipinahalata kay Taguro na hindi ko alam kung pano bubuksan yun, bahagya akong tumingin kay Mang Pitong na kumuha rin ng isa doon at ginaya ko ang ginagawa nya pero...

Aray! Tsk!

"Oh?? Nasugatan ka??" tanong ni Taguro.

"A-Ahh hahaha.. okay lang.." sagot ko.

"Akina.." sabi nya at kinuha ang crab saka binuksan. **"Kapag mali ang hawak mo dito at pagbukas, masasaktan ka talaga.."**

Mahinahon ang pagkakasabi nya non.. kinuha nya ang isang tinidor at saka sinungkit ang laman non at saka inilagay muli sa dahon ko..

"S-Sayo yan e.."

"Sayo na.."

"A-Ayaw mo ba??"

"Gusto.. pero mas gusto kong mabusog ka.."

TUGUDUG!*TUGUDUG!*TUGUDUG!

Bakit nya ba sinasabi lahat yan?! H-Hindi naman sa ayaw ko pero.. parang biglang may nagbago?!

Bakit biglang bumait sakin 'to?!

Kaninang umaga pa yata sya ganito ah?! Kagabi naman ay hindi..

Hindi kaya...????

Heheheheehe.. siguro naiinlove na rin sakin 'to..

"Thanks.." nakangiting sagot ko at seryoso naman syang pinagmasdan ako. Nagtuloy naman ako sa pagkain dahil hindi ko magawang labanan ang mga tiitg nya.

Maya maya pa ay isa-isa nang nagsisipag-alisan ang ibang nandoon at naiwan na lang kaming lima at sina Aling Zenaida at Mang Pitong.

"Panigurado'ng maraming matutuwa kung bibisita kayong buong pamilya dito..." si Mang Pitong. Muling nabaling sa kanya ang atensyon ng lahat, si Maxwell ang kausap nya.

"Mmm.. masyado po silang busy.. Si Lolo rin ay madalang na umuwi dito sa Pilipinas, may inaasikaso lang silang Sports Activity sa School namin kaya nandito sila.." si Maxwell.

"Ganon ba?? Ang Daddy mo nga pala? Kumusta??"

"Okay naman po sya.."

"Nandito rin ba sya?"

"Opo.. namatay po kasi ang isang family friend namin kaya umuwi silang lahat, nagkataon rin po'ng sportsfest namin.."

"Ahh ganoon ba??"

"Zarnaih, Noona.. Gaja!" parang bata'ng yaya ni Maxrill kay Parrot na lumangoy na.

"A-Ano ka ba naman Maxrill, busog na busog pa ako oh!"

"Because you ate too many!"

"Hahahahaha because its delicious!"

"Let's go.." parang bata na namang yaya nito.

"Aissshh! Tara na nga! Pero magpicture picture na muna tayo don ha?!"

"Arasseo.." nakanguso pang sagot nito.

Umalis silang dalawa at kaming tatlo na lang nila Taguro at Maxwell ang naiwan kasama pa rin yung dalawang matanda..

"A-Ahh Maxwell.." biglang pumasok si Aling Nimfa.

"Po??"

"Pwede ka bang sumaglit sa bahay ng mapatignan ko naman sayo ang isa sa mga anak ko??"

"Bakit po? Anong nangyari??"

"Hirap kasi syang maglakad.. baka sakaling alam mo ang pwedeng gawin sa kanya??"

"Ahh sige po.." sabi ni Maxwell at agad na binitbit ang bag nya. **"Dyan na muna kayo ah??"** paalam nya samin.

"Sige.." sagot namin ni Taguro.

"Si Maxrill, tignan mo.." utos nya kay Taguro na agad naman syang tinanguan. **"Mang Pitong, Aling Zeny, kayo na muna ang bahala sa kanila."**

"O sige iho, paghusayan mo't iba na nga ang lagay ng bata ni Nimfa.." si Aling Zeny.

"Sige po.."

Nung makaalis na sila at naiwan kaming dala ni Taguro kasama ang dalawang matanda.. Si Aling Zeny ay abala sa pagbabalat ng gulat samantalang animong namamangha namang nakatingin samin si Mang Pitong.

"Kung ayos lang sayo, Maxpein.. Nais ko sanag ipaalala sayo ang lugar na ito.." nakangiting sabi ni Mang Pitong at saka tumagilid at tumingin sa dagat. Sabay naman kaming tumingin ni Taguro sa kanya. **"Ito ang lugar kung saan madalas noon ang Mommy't Daddy mo.."**

Eh!?

Hindi sya sinagot ni Taguro na nananatili pa ring seryoso at walang emosyon munit nakatingin sa matandang nagsasalita.

"Ito ang lugar kung saan sila madalas na maglagi ng Mommy mo sa twing dadalaw sila dito sa Palawan.. Halos taon-taon ay nandito rin sila.." nakangiting dagdag pa ni Mang Pitong at nakinig naman kami sa kanya. **"Kaya naman inakala naming magnobyo kayo.. kasi naman ay naaaala namin ang Mommy't Daddy mo sa inyo.."**

Napalingon ako kay Taguro pero seryoso pa rin syang nakikinig.

"Kadalasan ay twing umuulan kung pumunta sila dito.. mga ganitong kapanahunan rin.. Munit hindi naman masyadong maulan ngayon.. hahahaha.. nakikisama yata sa kapatid at kaibigan mo ang panahon.." sabi pa ni Mang Pitong na sumulyap kila Parrot. **"Madalas ay**

tumutulong rin sila sa mga tao kaya naman mahal na mahal sila ng lahat dito.."

"Kilala nyo ho ba kung sino ako??"

Natigilan si Mang Pitong at ako naman ay napalingon kay Taguro. Iba ang dating ng tanong nyang yun! Seryoso masyado at konti na lang ay galit na ang dating ng tono nito! Gulat na napatingin si Mang Pitong sa kanya na agad namang nakabawi ng ngiti.

"O-Oo naman.." parang napapahiyang sagot nya pa.

"Sino ho ba ang Mommy ko na tinutukoy nyo??" salubong ang kilay na tanong ulit ni Taguro.

"Si Heurt.."

Heurt!? Anong klaseng pangalan yun?!

Yun ang kauna-unahang beses na marinig ko ang pangalang yun!

Pronunciation: HURT

"Kilala ko ang Mommy mo at alam ko rin ang sitwasyon ng pamilya nyo.." parang naiilang pang dagdag ni Mang Pitong dahil nag-iba bigla ang ekspresyon ng mukha ni Taguro. **"Pasensya ka na kung---"**

"Ayos lang ho.."

"P-Pasensya na talaga.."

"Hindi ho.. a-akala ko kasi ay si Maze ang tinutukoy nyo'ng Mommy ko.."

"Hindi.." nakangiting sagot agad ni Mang Pitong.

Kung ganon.. alam nila ang tungkol sa pamilya ni Taguro?? Edi talagang kilalang kilala nila sila?! Cool..

"Hindi naman lingid sa kaalaman namin dito ang lagay ng pamilya nyo.. Ang totoo.. si Maze ang hindi namin kilala dito.."

"H-Ho??"

"Oo.. ang totoo ay sya ang hindi namin kilala dito, dahil si Heurt ang nakilala naming asawa ni Maximor dito.."

Ang gulo..

"Wag mo sanang mamasamain ang pagkukwento ko pero.. bago pa lamang kami dito nung makilala namin ang Mommy mo, si Heurt. Alam naming hindi sya ang tunay na asawa ni More dahil nakilala na rin namin si Maxwell, bago pa man nya dalhin si Heurt. Pero hindi kailanman namin nakilala si Maze.."

Hindi nakapagsalita si Taguro at si Aling Zeny naman ay panay na rin ang lingon samin, siguro ay tinitignan nya ang reaksyon ni Taguro.

"Hindi mo ba alam ang tungkol don, Maxpein??" si Aling Zeny.

"H-Hindi ho.."

"Mabuti pa'y yang si Pitong ang tanongin mo't katiwala nyo yan.." dagdag nya pa at hindi naman na sya sinagot ni Taguro na muli namang bumaling kay Mang Pitong.

"Halos taon taon sila kung bumisita dito pero sa tingin ko ay pitong taong ka nung huli ka naming makita.." dagdag ulit ni Mang Pitong. **"Hindi na sila muling bumalik pa dito mula noon at nalaman na lang namin ang katotohanan nung mamatay ang Lola nyo.. Dumalaw dito ang Lolo nyo at nung kumustahin namin kayo ay sya mismo ang nagkwento samin ng totoo.. Na si Heurt ay hindi tunay na asawa ng Daddy mo at mayron syang tunay na asawa.. Sya rin ang nagbanggit sa aming, si Maxwell ay anak ni More sa tunay nya'ng asawa at ikaw naman ay anak ni More kay Heurt.. Nabanggit nya sa aming Maze ang pangalan ng Mommy ni Maxwell munit hindi namin sya kailanman nakilala dahil hindi naman sya nadala dito ni minsan.. wala rin kaming kaide-ideya kung anong itsura nya.."**

"S-Si L-Lola.." mahinang usal ni Taguro. **"Kilala nya ba ang nanay ko??"**

"Oo naman.." nakangiting sagot pa ni Mang Pitong. **"Magkasundong magkasundo ang dalawang yun.."**

"H-Hindi ko ho kasi masyadong kilala si H-Heurt.." bahagayang nakatungo'ng sagot ni Taguro at sabay sabay namin kaming napatinign sa kanya..

Kitang kita ko ang pagiging seryoso nya at ramdam ko ang lungkot na nararamdaman nya..

Bagsak ang mga balikat nya hindi sya makatingin sa mata ng mga kausap nya.

"A-Ahh.. g-ganon ba?? P-Pasensya na at n-naparami yata ang k-kwento ko.." napapahiyang sagot ni Mang Pitong na parang nakaramdam rin ng awa sa kanya. Dahan dahang iniangat ni Taguro ang paningin nya at pilit na ngumiti sa kanya.

"Ayos lang ho.. salamat rin at may nalaman ako tungkol sa kanya dahil sa inyo.."

"A-Ahh hahaha.. h-hindi ko kasi alam na h-hindi mo pala alam ang mga n-nasabi ko.." napapahiya pa ring sagot ni Mang Pitong.

"Wala akong masyadong alam sa kanya e.. ang alam ko lang, hindi sya mabuting ina.."

Mabilis ang naging paglingon ko kay Taguro at blangko na naman ang mukha nya munit malungkot ng mga mata nya..

Taguro..

Parang pinisil ang puso ko nung makita ko ang ekspresyon ng mukha nya.. Mas naramdaman ko ang lungkot nya dahil sa pungay ng mga mata nya.. Wala naman syang sinasabi pero naaawa ako sa kanya..

Bakit parang ang hirap hirap na lang parati ng pinagdadaanan mo pagdating sa pamilya mo??

Hindi nakasagot si Aling Zeny at Mang Pitong sa kanya. Gulat ang mga ito'ng tulad ko na tumingin sa kanya na para bang kinakapa kung ano ba ang dapat sabihin sa kanya.

"Sa tingin ko ay k-kailangan na muna nating sumaglit sa bahay ni Nimfa para makita kung ayos na ang anak nya.." parang nagdadahilan singit ni Aling Zeny nung mangibabaw ang katahimikan samin.

"M-Maiwan na muna namin kayo dyan.. Babalik na lamang kami mamaya.." si Mang Pitong.

"S-Sige po.." tatangu-tango'ng sagot ko at saka sila pinanood makaalis.. nung wala na sila ay saka ako bumaling kay Taguro. **"T-Taguro.."** tawag ko sa kanya, saglit pa bago sya tuluyang lumingon sakin.

Para akong nahahawa sa lungkot na nakikita ko sa mga mata nya!

"A-Ayos ka lang ba??" bulong ko at gulat ako nung makitang ngumiti sya sa kawalan.

"Bakit ganon noh?? Ang dali dali naman sanang mabuhay pero.. may mga tao'ng sadyang pahihirapan ka??"

Hindi kita maintindihan..

"Ikaw na lang ang parati kong kasama twing ganito ang mararamdaman ko.." dagdag nya pa na muling lumingon sakin at ayun na naman ang blangko'ng ekspresyon ng mukha nya. **"Minsan ko ng tinanong ang sarili ko.."** dagdag nya pa habang nakatingin kami sa mga mata ng isa't isa.. **"..ano nga ba ang papel ng isang Deib Lohr Enrile sa buhay ng isang Maxpein Zin del Valle?"**

"Hindi ko maintindihan.." nangingiti pa kunwaring dagdag nya. **"Hindi ko maintindihan dahil.. noon pa man, twing mamumroblema ako tungkol sa pamilya ko, ikaw yung nandyan.. ikaw yung nasasabihan ko kahit hindi naman dapat.."**

"A-Anong hindi dapat??" salubong ang kilay na tanong ko at bahagya naman syang natawa.

"Kasi.. kahit kelan hindi ko naisip na ikaw pa ang makakasama ko twing may malalaman ako tungkol sa pagkatao ko.. na ikaw ang masasabihan ko ng tungkol sa nararamdaman ko pagdating sa pamilya ko.." natatawa kunwaring usal nya habang nakatingin sa dagat. **"Sayo nga ako unang nagkwento tungkol sa pamilya ko e.. sa lahat ng bago'ng nakilala ko sa school na yun.. ikaw ang unang nakakilala sakin ng higit pa sa pagpapakilala ko.."**

May kakaibang pakiramdam ng saya ang nangibabaw sa dibdib ko pero nananatiling lungkot ang nasa mukha ko.

Hindi ko alam kung anong sasabihin ko!

"Ang hirap alamin ng pagkatao ko.. pakiramdam ko buong buhay ko, nakatago.. Inaalam ko ko pero hindi ko malaman.. Sa twing may gusto akong alamin.. nagsisinungaling sakin lahat ng tao sa paligid ko.. Walang nakakasagot ng mga tanong ko, at lahat may gustong itago.." bumuntong-hininga pa sya. **"Yung kaisa-isang taong nanatiling totoo sa harap ko.. iniwan pako.."** mapait ang ngiting dagdag nya.

May nararamdaman akong saya pero hindi ko magawang ipakita dahil naaawa ako sa lungkot na nakikita ko sa mga mata nya kahit pa nakangiti ang mga pisngi nya..

Si Randall na naman ang tinutukoy nya.. si Randall na lang lagi!

"Parang ikaw na lang yung tao'ng nananatiling totoo sa harap ko.."

Dahan dahan syang tumungo at tumingin sa kamay nyang nakapatong sa mga hita nya.. Nilaro laro nya ang mga daliri nya at saka gumalaw ang ulo nya..

Gulat akong napatingin sa kanya nung dahan dahang gumalaw ang kamay nya at kunin ang kamay ko..

Hinawakan nya ang kaliwang kamay ko sa pagitan ng dalawang kamay nya at saka dahan dahang tumingin sakin..

"Sana ikaw na lang ang minahal ko.." nangingilid ang luhang usal nya habang nakatingin sa mga mata ko.

"T-Taguro.."

Nakangiti syang binitiwan ang kamay ko at saka tumayo at nagstretch ng katawan..

"Masyadong maganda ang tanawin para dramahan.." nakangiting sabi nya pa at saka tumingin sakin. **"Hindi nako cool kapag lumampas pa**

dun ang drama ko.." mayabang na sabi nya at saka itinuro ang dagat at saka sya nagpunta don.

At ikaw naman ang pinakawirdo'ng tao'ng nakilala ko!

Napahawak ako sa dibdib ko dahil hanggang ngayon pakiramdam ko ay nakalutang sa tubig ang puso ko.. Sunod sunod ang masarap na pakiramdam na naramdaman ko sa loob nun.. Agad ko rin namang inalis ang pagkakahawak ko sa dibdib ko nung matanaw ko mula sa kaliwa ko ang paparating nang si Maxwell.

"Oh.. bakit mag-isa ka na dito??" takang tanong nya pagkapasok sa kubo.

"A-Ahh hahaha.. p-pumunta sila sa dagat.." sagot ko at tinanaw nya naman sila at saka ngumiti.

"Ang cute nilang tignan.." nakangiting sabi nya pa at saka naupo sa tabi ko. **"Ayaw mo bang sumali sa kanila??"**

"Ahh.. hindi na, sila na lang.. Wala akong dalang damit e.. isa pa, inaantok ako hehe.."

"Sayang naman ang view.." nakangiting sabi nya pa at saka muling tinanaw sila. **"Lalo na kung ganyan kagandang view ang pagmamasdan mo, di ba??"**

"H-Ha??" takang tanong ko at saka tinanaw ang dagat pero kay Taguro pa rin napupunta ang tingin ko. **"O-Oo.."**

Hindi sya nagsalita at nanatili syang nakangiting nakatanaw sa kanila..

"Kumusta na nga pala yung pasyente mo??" tanong ko.

"Ahh.. hindi sya masyadong okay.. Kailangan nya ng therapy.."

"Bakit??"

"Hindi sya nakakalakad.." malungkot pang sagot nya. **"Wala silang pera para dalhin sila sa malalaking ospital sa Manila.."**

"Mmm.. alam mo bang doctor rin ang parents ko??" tanong ko at gulat naman syang nilingon ako.

"Talaga??"

"Mmm.. ang totoo, lahat sa pamilya namin ay doctor maliban sakin.. Doktor ang Lolo't Lola ko at ganon rin ang great grandfather ko.. pareho'ng doctor rin ang parents ko at Medicine student naman ang Ate ko.."

"Nice.. family of doctors pala kayo.."

"Mmm.. at Medical Mission ang projects ng parents ko.. Pwede kong i-suggest sa kanila 'tong lugar nyo para mabisita nila at matulungan

kahit papano.."

"Talaga??" masayang tanong nya.

"Oo naman.."

"Nice nice.. sige, okay yan.. Tutulong rin ako.."

"Mmmm.." nakangiti ring sagot ko. **"Matutuwa rin sila kapag sinabi ko yun.."**

"Ikaw??"

"A-Anong ako?"

"Wala ka bang plano'ng magdoktor??"

Hindi ako nakasagot..

"Ahh.. wala sa puso mo ang pagiging doktor??" nakangiting tanong nya. **"Ayos lang yan.. hindi naman dahil karamihan sa pamilya nyo ay nasa field of Medicine e magiging ganon ka na rin.."** nakangiting sambit nya at saka tumingin sakin. **"Natural lang na ang isa sa inyo ay maiba naman ng gusto.. E ano nga ba'ng gusto mo?? Kasi next year, College ka na.. dapat ngayon palang alam mo na kung anong gusto mo.."**

Ganyan nga rin sabi ni Noona.. Matagal ko naman na talagang alam kung anong gusto ko.. hindi ko lang masabi dahil alam kong mayayari ako!

"B-Bukod kasi kay Taguro.. heheheh.. Engineering ang gusto ko.."

"Hahahahahah.." natawa sya sa sinabi ko. **"Oh e okay naman ang course na yon ah?? Maganda rin naman.."**

"Oo nga kaso.. h-hindi kasi yun ang gusto ng Chairman na kunin ko.."

"Sinong Chairman??"

"Si Chairman Enrile, great grandfather ko.."

"Ahh.. Mmm.. nameet ko na nga pala sya.. pero bakit??"

"Hehehehehe.." pilit ang tawang pinakawalan ko. **"Narinig mo naman yung naging usapan namin nung minsang nagdinner tayo di ba?? Gusto nyang mag-Medicine ako.. kaya naman hanggang ngayon, Mommy ko lang ang nakakaalam na Engineering ang gusto ko.."**

"Aww mahirap yan.."

"Gusto ko kasing kunin ay yung gusto ko.. yung mag-eenjoy ako.."

"Mmm.. tama yan.. Kasi, magawa mo mang mag-aral ng mabuti sa kurso'ng kinuha mo kahit na hindi mo gusto.. Iba pa rin yung talaga'ng naeenjoy mo kasi alam mong gusto mo.."

"Naisip ko na rin naman yan, kaso kasi.. Ewan ko ba.. Parang hirap na hirap akong suwayin sila.."

"Hahahahaha.. salungat kayo ni Pein..."

"Ha??"

"Mmm.. kasi kung ikaw hirap na hirap na suwaying ang parents or family mo, si Pein naman, sanay na sanay na sumuway sa kanila hehehehe.."

"Ahh.. bakit nga ba ganon sya??"

"Ewan ko.. personality nya na yan e.. Bago maging sila ni Randall.. hindi man sya masayahin ng sobra pero kahit papano nakakangiti at nakakatawa sya.. Nakakapagbiro pa nga e.. Dati na syang tahimik pero hindi gaya ngayon na parang parating wala syang pakialam.. Noon naman kasi kahit papano ay pinakikiramdaman nya ang paligid nya.. Hindi tulad ngayon na parang ang hirap alamin ng takbo ng isip nya.."

"Ang wirdo nga nya e.."

"Pero nagustohan mo pa rin di ba??"

"Hahahahaha.. hirap pigilan e.."

"Mmm.. kung ako man e, isang tulad nya ang hanap ko.."

"B-Bakit naman??"

"Mmm.. sya kasi yung tipo ng babae na mag-aalala ka kapag iniwan mong mag-isa, pero bibilib ka dahil pagkarating nya, buo'ng buo pa rin sya.. Parang parating kaya'ng kaya nya ang sarili nya.. Walang salitang delikado.."

"Hahahahaha oo.. naiintindihan kita.." natatawang sabi ko at nakitawa naman sya.

"Bibihira ang babae'ng tulad nya.." sabi nya pa sabay pa naming tinignan sya.

Nangibabaw sandali ang katahimikan sa pagitan namin habang pareho kaming pinapanood sila Taguro.

Hindi ko hihilinging bumalik ka sa dati dahil ayokong bumalik ka sa nakaraan.. Pero gagawin ko ang lahat para maging panibago kang tao, kapag ako ang kasama mo.. Ayokong tumawa ka tulad ng pagtawa'ng ginagawa mo noon.. pero gusto kong patawanin ka sa paraang alam ko..

"Kung gano sya kawirdo.. ganon rin kawirdo ang nararamdaman ko.." wala sa sariling sambit ko at muli naman akong nilingon ni Maxwell. **"Nakakatawa lang na.. imbes na ako yung magpakilig sa kanya dahil ako yung lalaki, ako pa ang pinapakilig nya.. Imbes na ako ang magligtas sa kanya kapag nasa pahamak sya, ako pa ang nililigtas nya.. Alam mo yun?? Parang lahat baliktad.."** natatawang dagdag ko pa.

"Twing kasama ko sya, parang wala na akong inaalalang iba.. parang lahat ng lugar safe.. lahat ng lugar, kaya kong puntahan, lalo na kung alam kong nandyan sya.. She's really different.."

"Lakas ng tama mo pre.."

Napapahiyang nilingon ko sya na kasalukuyang natatawa talaga! Hindi ako makapagsalita dahil matindi ang nararamdaman kong hiya!

"Hahahahahaha!" hindi nya napigilan ang matawa at mas nakaramdam ako ng hiya! **"Parang hindi ko pa naramdaman yan ah!?"**

"A-Ahh hehehehe.." naisagot ko na lang habang pilit na sumasabay sa tawa nya.

Jahe badtrip..

"Pero hindi naman ako nawawalan ng pag-asa.. alam kong makakakita rin ako ng tao'ng para sakin hehehehe.. yung babae'ng tulad mo, mapapamangha rin ako hahahaha! Yung babae'ng hindi ko makikita sa ibang babae.. yung babae'ng kahit hanapin ko sa buong mundo, makikita ko lang sa puso ko.." natatawa pa ring dagdag nya. **"Wag mo sana isiping pinagtatawanan kita.. Hindi ganon yun pre, natutuwa lang talaga ako na.. nakikita ko talaga sayong in love ka sa kapatid ko.."**

Kakaiba rin magsalita ang isang 'to..

Hindi agad ako nagsalita at nag-isip muna ako..

"In love na ba ako?? Hahahahaha.. P-Parang hindi pa kasi ganon ang dating non sakin.. h-hindi ako sigurado.." naiilang na sagot ko, kinakabahan at hindi malaman kung tama ba ang sinabi ko.

"Hahahaha sa dating mong yan?? Hindi ka pa sigurado??"

"Oo e.."

"Bakit naman??" nakangiti munit seryoso'ng tanong ko.

"H-Hindi ko kasi alam kung e-eto na ba yung sinasabi nilang *'love'*..."

"Huh?? Hahaha.. Weird.." iiling-iling pang usal nya. **"Nagkagusto ka na rin naman sa ibang babae before di ba? Hindi ba *'love'* yung naramdaman mo kay Kim??"**

Kinabahan ako sa sobrang derektang tanong na yon!

"Yon na nga e.. h-hindi rin ako sigurado kung yung nararamdaman ko ngayon kay Taguro ay katulad nung naramdaman ko noon kay Kim.."

"Bakit naman??"

At kinuwento ko sa kanya yung nangyari sa amin ni Kim, kung paanong UMASA akong magiging kami munit naging sila ni Randall. Kung gaano ako nagulat sa tunay na koneksyon nila sa isa't isa, kabilang na don si Taguro.

"Ahh.. So you got confused with your feelings??" natatawang tanong nya at tumango naman ako. **"But I agree with you.."**

"With what??"

"Na kung talagang minahal mo si Kim, it will never be easy for you to forget her.. Kung talagang minahal mo sya ng todo, hindi mo sya makakalimutan kahit na merong Pein.."

"E-Exactly.." mahinang usal ko. **"Pero.. higit talaga sa pagkagusto yung naramdaman ko kay Kim noon.. na nawala na ngayon.."**

"Dahil kay Pein??"

"D-Dahil kay Taguro.."

"Hahahahahaha.. cool.."

Anong cool don!?

"Siguro minahal mo nga sya pero.. mas mahal mo si Pein ngayon hahaha." nanunuksong sambit nya pa.

"M-Mahal na agad???"

"Mmm.. why not??"

"H-Hindi ba dapat, g-gusto muna??"

"Ha?? Hahahaha.. ang gulo mo.." natatawa na namang sagot nya at napabuntong-hininga naman ako.

"P-Pano ko ba malalaman kung mahal ko na sya??"

"Hmmm.. meeting each other was fate.. Becoming enemies was a choice.. But falling in love was beyond your control.. Sarili mo lang ang makakasagot sayo.." sabi nya na tinapik tapik pa ako.

Bakit ba parati na lang silang ganyan! Tsk!

Sandaling katahimikan na naman ang nangibabaw samin at pareho kaming tumingin kila Taguro na masaya pa ring naglalaro..

Hanggang sa may naisip akong itanong..

"Bakit nga pala.. h-hindi ka galit sakin??" biglang tanong ko at nagtaka naman sya.

"Bakit naman ako magagalit sayo??"

"Tch.. alam mo naman kung sino ako.." nakangiting dagdag ko at nagtaka pa rin sya. **"Alam kong gusto mo ang Ate ko.."** dagdag ko at

natigilan sya. **"Boyfriend ng kapatid ko ang ex-boyfriend ng kapatid mo na sya ring ex-bestfriend mo.. tama??"**

"How did you know??" nakangiti munit seryosong tanong nya.

"Narinig ko kayo'ng nag-uusap ni Randall.."

"Mmm??"

"Matagal tagal na rin yun.." nakangiting dagdag ko pa. **"Pero hindi ko naman sinasadya.. pero sindaya kong pakinggan lahat.. Hindi naman dahil interesado ako sa inyo ni Randall.. Naging interesado lang talaga ako nung, narinig ko ang pangalan ng kapatid ko.."**

"Tsh.. kung ganon, alam mo na pala talaga ang lahat?"

"Mmm.. pati ang dating nararamdmaan mo sa kapatid ko.." deretsong sagot ko at natigilan sya lalo. **"Ayos lang naman sakin.. pero hindi ko maintindihan kung bakit ayos lang sayo??"**

"Ang alin ba? Hahahaha.."

"Na ligawan ko si Taguro kahit na alam mong kapatid ako ng babae'ng gusto mo.."

"Kunektado kayo pero.. hindi naman dahilan yun para sirain ko kung ano mang meron kayo ng kapatid ko.. Hahahah.. That's immaturity.." natatawang sagot nya pa at natuwa naman ako.

"Iba na talaga ang mas may isip.. hehehe.. Sana ganyan rin ang kapatid ko.."

"Why??"

"Mmm.. hindi ko sya maintindihan.. Kahit na alam nyang hindi magkakabalikan sina Taguro at Randall, at kahit na alam nyan kanyang kanya na si Randall.. Galit pa rin sya kay Taguro.. Noon sinasabi nyang childish ako dahil nambubully ako ng new schoolmates ko.. pero ngayon pakiramdam ko mas matured pa sa kanya ang pag-iisip ko.. Ang hirap ispelengin.. ayaw nya kay Taguro dahil hindi daw sya mabuting tao.." dagdag ko at natigilan naman si Maxwell. **"Kung hindi sya mabuting tao.. ano pa kaya ako??"** natatawang tanong ko pa. **"Yung mga oras na ginagawan ko sya ng kalokohan, wala syang ginawa kung hindi deadmahin ako.. At sa twing nasa delikadong sitwasyon ako, dumadating sya para tulungan ako.. Ni minsan nga hindi ako nagawang murahin nun.. tapos sasabihin nyang hindi mabuti'ng tao si Taguro?? Gano nya ba talaga sya kakilala??"**

"Sinabi ng kapatid mo yun??"

Nagulat ako at natigilan panandalian.. bago ako muling tumango sa kanya at pareho kaming nagpakiramdaman.

"Ano nga bang alam nya sa kapatid ko??" natatawa pa kunwaring tanong ni Maxwell.

"W-Wag mo sanang isiping sinasabi ko sayo 'to dahil galit ako sa kapatid ko.. h-hindi ganon yun.."

"I understand.." nakangiti pa ring sagot nya. **"Babae sya at lalaki tayo, kaya naiintindihan kita.."** natatawa pang dagdag nya.

"Galit ka pa rin ba sa kanila ni Randall??"

"Mmm.. ang totoo?? Hindi na.. nagalit ako sa kanila noon, pero hindi na ngayon.. Hindi na nga lang rin talaga maibabalik pa sa dati yung tiwala'ng meron ako sa bestfriend ko.."

"Nagalit ka ba sa kanya dahil niligawan at naging girlfriend nya si Taguro? O dahil sinulot nya yung babae'ng gusto mo?" prangkang tanong ko.

"Hahahahahha.. hindi pareho.."

"E ano?"

"Nagalit ako kay Randall dahil sinaktan nya ang kapatid ko.. yung kaisa-isang babae'ng kapatid ko.." mapait ang ngiting sambit nya na nakatingin pa kay Taguro. **"Nakadagdag na lang talaga siguro yung mga dahilan pang sinabi mo.."**

"Y-Yeah.. I understand.."

"Maybe he was really helpless.. like he doesn't know what to do anymore.. But that doesn't give you a license to hurt someone.. Tsh.. Parang hindi nya naman minahal si Pein para saktan nya ng ganon.."

"May idea ka ba kung bakit nya ginawa yon??" tanong ko at natigilan naman sya.

"Meron siguro.. pero kahit sa sarili ko itinatanggi ko.."

"A-Anong ibig mong sabihin??" takang tanong ko.

"Its between my sister and my mother.." nakangiting sabi nya na dahan dahang tumingin sakin at salubong ang kilay na sinalubong ko ang mga tingin nya. **"I want to play safe.."** pilit ang ngiting dagdag nya pa.

Hindi ako nakapagsalita..

Hindi ko alam kung bakit pero biglang bumilis ang tibok ng puso ko.

Bahagya akong napailing munit nananatiling nakatingin sa kanya..

Parang andaming ibig sabihin nung huling linyang binitawan nya..

Eto na naman tayo sa mga misteryo sa buhay nila! Tsk!

Huminga sya ng malalim at saka tumayo.. at ngumiti..

"We're here to have some fun! I think we should join them.." nakangiting sabi nya na nilingon pako.

"A-Ahh hahahaha sige sige.. susunod na lang ako.."

"We'll wait for you.."

"Mmm.." pilit ang ngiting sang-ayon ko at saka sinundan sya ng tingin hanggang sa makalapit sya kila Taguro.

At don ko nailabas ang tunay na ekspresyon ng mukha ko. Salubong ang kilay na pinanood ko sila. Mukha silang masaya pero parang iba ang naging dating sakin..

Saka ko naalala ang sinabi kanina lang ni Taguro..

"Ang hirap alamin ng pagkatao ko.. pakiramdam ko buong buhay ko, nakatago.. Inaalam ko ko pero hindi ko malaman.. Sa twing may gusto akong alamin.. nagsisinungaling sakin lahat ng tao sa paligid ko.. Walang nakakasagot ng mga tanong ko, at lahat may gustong itago.."

"Ang hirap alamin ng pagkatao ko.. pakiramdam ko buong buhay ko, nakatago.. Inaalam ko ko pero hindi ko malaman.. Sa twing may gusto akong alamin.. nagsisinungaling sakin lahat ng tao sa paligid ko.. Walang nakakasagot ng mga tanong ko, at lahat may gustong itago.."

"Ang hirap alamin ng pagkatao ko.. pakiramdam ko buong buhay ko, nakatago.. Inaalam ko ko pero hindi ko malaman.. Sa twing may gusto akong alamin.. nagsisinungaling sakin lahat ng tao sa paligid ko.. Walang nakakasagot ng mga tanong ko, at lahat may gustong itago.."

Napatingin ako kay Maxwell.. Pilit kong tinititigan sya dahil baka sakaling may makita akong kakaiba sa kilos nya pero wala.. walang kilos nya ang paghihinalaan mong may itinatago sya kay Taguro.. wala alinman sa mga kilos nya ang makakapagsabing.. may inililihim sya..

Bakit kailangang gawin nyo 'to sa kanya??? Dahil ba iba sya sa inyo?? Tsk..

Nakaramdam ako ng matinding lungkot..

Ang tao'ng inaasahan ni Taguro'ng nag-iisang tumanggap ng buo'ng buo sa kanya.. naglilihim rin pala..

Nakaramdaman ako ng awa para sa kanya..

At hindi ko maintindihan kung bakit meron sa loob loob kong nasasaktan rin, para sa kanya..

If you can't run in this unfair life alone.. Can you let me run with you??

Napabuntong-hininga ako at saka tumayo..

I'll be here for you.. even if its hard for you to see me..

Pilit kong binura ang lahat ng laman ng isip ko at saka nakangiting munit iika-ika paring lumapit sa kanila.. Munit hindi pa man ako tuluyang nakakalapit at sinalubong na agad ako ni Parrot!

"Hindi pala lalangoy ah!!!" nakangiting salubong ni Parrot sakin!

"Tch! Babalik na ba ako sa kubo!?"

"Hahahahahahaha hindi na! Sige na! Magmoment ka na!"

"A-Anong moment!?"

"Woooohhh kunwari pang hindi alam.. stop me!"

Binasa nya ako ng tubig at agad akong tinamaan sa mata!

"A-Ano ba!" inis na sigaw ko sa kanya!

"Arte mo oy! Mababasa ka rin naman!"

"Pero wag mo kong basain!"

"Goodluck naman kung matuyo ka dyan.." sarkastikong sabi nya at saka muling lumapit kila Maxwell. **"May parating na kalabaaaaannn!!!!"** parang baliw pang sigaw nya dahilan para lingunin ako ni Taguro. Nakangiti naman akong nilapitan sya.

"Hi cuteness.." nakangiting salubong ko sa kanya at parang wala naman syang narinig.

"Huy!" kunwaring panggugulat ko pa sa kanya.

"Oh?? Akala ko ba ayaw mong maarawan??" tanong nya na animong may hinahanap pa sa dalampasigan.. Paa pa lang nya ang basa sa kanya.

"Kung ang parte ba naman ng pangingitim e yung makasama ka.. gusto ko na! Hahahahaha! Gusto'ng gusto ko na!" nakangiting sabi ko na hinahabol sya at tumingala naman sya at tumingin sakin.

"Tss.. umalis ka nga dyan at baka samain ka.."

Nagsusungit na naman sya!

"Ang sweet sweet ko talaga! Badtrip!" inis kunwaring sabi ko. **"Ano bang ginagawa mo dyan?!"**

"Naghahanap ng talangka.."

"Talangka?!"

"Crab.."

"Talangka!? Crab?! Tch! Pano ka naman makakahanap ng ganon dyan?! Wala kang mahahanap na ganon dito!"

"Wag ka ngang maingay.."

"Wala ka nga kasing mahahanap na talangka dyan Taguro.. Langoy na lang tayo.."

"Ikaw na lang.."

"Tayo.."

"Ikaw na nga lang.."

"Sige na.." nakangiting pilit ko na pumunta pa sa unahan nya dahilan para mapahawak sya sa dalawang tuhod nya at mukhang tangang tingalain ako.. parang nasisilaw sya sa liwanag ng araw na nasa likuran ko.

"Hindi ka ba makakalangoy mag-isa??"

"Makakalangoy.. pero gusto ko kasama kita.. Kaya nga ako nandito e, kasi gusto kitang makasama.."

"E pano naman ako???"

"Anong ikaw?"

"Pano naman ako---kung ayaw kitang kasama???"

Pinandilatan ko agad sya ng mata at napaderetso sya ng pagkakatayo!

"Heheheheh.. joke lang.. tara.." nakangiting sabi nya at saka iniabot ang kamay nya sakin.

Nakangiti ring inabot ko ang kamay nya at saka nanunuksong tumingin sa kanya.

"Napapansin ko.. napapadalas ang paghawak hawak mo sa kamay ko ah?!" pang-aasar ko sa kanya.

"Bawal ba??" nakangising tanong nya na tumingin pa sa dulo ng dagat.

"Hindi.. pero baka makasanayan ko yan, hindi ko na mabitawan.." nakangisi ring sagot ko at muling nagtama ang paningin namin.

"Edi paputol mo na yung paa mo para hindi mo na bitiwan hahaha.. Tss.. ginagawa ko lang 'to dahil kasalukuyan kang pilay.."

"A-Abnormal ka talaga!" inis na sigaw ko.

"Abnoy.. pero gusto mo.. noh??" nakangisi pa ring sagot nya kaya naman hindi ko naiwasang mangiti rin!

"Badtrip ka ah.." nagpipigil ng ngiting sagot ko sa kanya.

"Tss.. inano kita!?"

"Wala.. tara.. Turuan mo kong lumangoy.." yaya ko sa kanya.

"Tss.. magtampisaw ka na lang.. Hindi rin ako marunong lumangoy.."

"Edi ikaw ang tuturuan ko.."

"Wag na, baka malunod ka pa.."

"Hahahahaha! Sasagipin mo naman ako di ba??"

"Asa.." mayabang na sabi nya pa munit hindi ko magawang maasar dahil ngiting ngiti akong tinitignan syang hilahin ako papalusong sa dagat.

Hindi ko maiwasang hindi mapangiti kapag tinitignan ko ang kamay nyang nakahawak sa kamay ko..

Sana ganito na lang tayo parati Taguro..

Huminto sya sa parte kung saan hanggang leeg na namin ang tubig.

"Hoy! Ang sweet nyong tignan ah! Magkaholding hands pa kayo papunta dyan ah!" dinig naming sigaw ni Parrot na nanunuksong nakatingin samin! Hindi namin sya sinagot!

Napatingin ako bigla kay Taguro nung maramdaman kong bumitaw sya sa kamay ko..

'B-Bakit mo binitiwan???'

Gusto kong itanong pero hindi ko magawa..

Gusto kong malaman ang sagot pero natatakot ako..

Tumingin ako ng deretso sa kanya at pilit na binura sa mukha ko ang pagtataka..

Naramdaman ko ang biglang pag-akyat ng lungkot sa katawan ko..

"Anong pinag-usapan nyo ni Maxwell?" pormal na tanong nya habang tatalun-talon sa tubig.

"Ikaw.."

"Anong ako??"

"Tungkol sayo.."

"Tss.."

"At may nalaman ako..." nakangising sabi ko at tumingin naman sya ng masama sakin.

"Ano naman yun?"

"Na in love na ako sayo.." nakangiting sagot ko at natigilan naman sya. **"Bakit hindi ka makasagot??"** tanong ko habang papalapit ng papalapit sa kanya at lumalayo naman sya.

"Anong isasagot ko naman dyan?" iwas ang tinging tanong nya.

"Hindi ka man lang ba magtatanong kung bakit??"

"Hindi.."

"Bakit?! Dahil hindi ka interesado!?"

"Hahahahaha.." tumawa lang sya!

Badtrip talaga kausap 'to..

"Ayoko ng tanongin kung bakit dahil papanget lang pakinggan kapag binigyan mo na ng dahilan.." nakangiting sagot nya.

"Andami dami mong alam e no??" nakangiting pang-aasar ko.

"Matalino e.."

"Mayabang naman.."

"Matalino pa rin.."

"Shut up Taguro.." inis kunwaring sabi ko at nanahimik naman sya at tumingin sa mga mata ko. **"Bakit ang bait mo sakin ngayon??"**

"Tss.."

"Bakit nga?? Hindi ka naman dating ganyan di ba??"

"Mmm.."

"Siguro..."

"Tss.. wag kang mag-imagine.."

"Kaya nga sabihin mo na sakin.."

"Masyado ka ng nagpapakatotoo sa mga sinasabi mo.. wala akong nakikitang dahilan para balewalain ko lahat ng sinasabi at ipinapakita mo.." malumanay na sagot nya dahilan para lumabas ang malaking ngiti ko.

Hindi ko sya sinagot..

Nakangiting tumitig na lang ako sa mata nya habang ninanamnam ang linya'ng binitiwan nya..

Kung ganon.. pinapahalagahan nya ang nararamdaman ko??? Heheheheheehe..

"Naniniwala ka na ba sakin??"

"Na ano?"

"Na gusto kita.."

"Nakailang sabi ka na e.. Oo naman.. hindi ka naman siguro susunod dito kung hindi.."

"E bakit.. wala kang ginagawa??"

"Huh?? Ano bang dapat na gawin ko?"

"Ang sagotin ako kung gusto mo rin ako.. O ang pahintuin ako kung talagang ayaw mo ko.."

"Mmm.." tatangu-tango pang sagot nya.

"E alin nga don ang gagawin mo??"

"Sa ngayon??"

"O-Oo.." kabadong sagot ko.

"Gusto kong pahintuin ka.."

Bigla akong napahinto sa pagtalon talon sa tubig at gulat na napatingin sa kanya!

Isang malakas na pintig ng puso ko ang kasunod nun at nagtuloy tuloy na naman na parang hinahabol ng kabayo!

Parang huminto ang paligid ko habang seryoso kaming nakatingin sa isa't isa!

Gusto kong magtanong pero parang nawalan ako ng lakas magsalita!

"But I'm afraid that one day will come and I'm gonna remember you and how much you loved me.. Then I'm gonna hate myself you letting you go.."

But I'm afraid that one day will come and I'm gonna remember you and how much you loved me.. Then I'm gonna hate myself you letting you go..

But I'm afraid that one day will come and I'm gonna remember you and how much you loved me.. Then I'm gonna hate myself you letting you go..

But I'm afraid that one day will come and I'm gonna remember you and how much you loved me.. Then I'm gonna hate myself you letting you go..

Saraaaaaaaaaappp!!!!

"T-Talaga??"

"Mmm.." tumango pa sya. **"Natatakot akong baka isang araw.. pagsisihan kong tinanggihan kita.."**

d^_^b

"U-Ulitin mo nga Taguro.." pigil ang ngiting usal ko.

"Tss.. hindi na.."

"S-Sige na.."

"Hindi na astig pakinggan kapag inulit ko pa.." nakangising sagot nya!

"Gusto ko ulit marinig e!"

"Tss.. baka nga hindi na mawala yan dyan e.." pang-aasar nya na tinuro pa ang puso ko!

"A-Ang yabang mo talaga!"

"Hahahahaha.."

At sa kauna-unahang beses.. nakita ko syang tumawa.. ng *NATURAL na NATURAL*..

Napahinto ako at nakangiting tumingin sa kanya..

"B-Bakit??" nakangiti munit halatang naiilang na tanong nya.

"Ang ganda mo.. mas maganda ka pa sa dagat na 'to.."

"Tss.." singhal nya at saka iniiwas ang paningin nya munit agad rin naman nyang ibinalik at nagkatitigan kami.

"Masaya ka ba??" nakangiti munit sinsero'ng tanong ko.

"Saan?"

"Sa nararamdaman ko para sayo.."

"Ano ba sa tingin mo?" nakangiting tanong nya.

"Gusto kong marinig mula sayo.." nakangiti ring sagot ko.

"Oo..."

Hindi ko na sya sinagot at inilabas ko na lang ang ngiti'ng kanina ko pa pilit itinatago..

"Sana pagbalik natin sa Laguna ganito pa rin tayo, Taguro.." nakangiting sabi ko pero ngumiti lang sya. **"Ibig bang sabihin nyan.. payag kang manatili tayong ganito hanggang sa makabalik tayo??"**

"Mmm.." bumuntong-hininga pa sya. **"Ayokong sabihing hindi.. pero ayaw ko ring ipangakong mananatili nga tayong ganito.. Pero isang bagay lang ang sasabihin ko.. ganito ako, kapag ikaw ang kasama ko.."**

Badtrip naman oh.. Nilalamon ako ng kilig ko hahahahahaha!!!!

Hindi ko mapigilang mapangiti ng malaki sa mismong harap nya.. tumungo ako dahil hindi ko matagalan ang titig nya..

Muli akong tumingin sa kanya munit ayun pa rin ang mga nanghihigop na tingin nya.. pilit kong nilabanan yun munit sadyang hindi ko kaya.. Para akong kinakain ng mga titig na yun na nagdudulot ng kaba sa dibdib ko..

Nakangiting napapapikit ako..

Hindi ko alam kung anong ginagawa nya.. pero taimtim na nanalangin ako..

Munit naidilat ko ang mata ko nung muling hawakan nya ang mga kamay ko...

"Okay ka lang?" tanong nya.

"Mmm.." nakangiting sagot ko.

"E bakit papikit pikit ka pa dyan?" takang tanong nya.

"Nagpray lang ako hehehe.."

"Eh??"

"I prayed that you and I... will end up together.." nakangiting sagot ko at seryosong napatitig naman sya sakin..

OceanofPDF.com

CHAPTER 115 : PALAWAN

MAX'S POV

"I prayed that you and I... will end up together.." nakangiting usal ni Sensui habang nakatingin sa mga mata ko.

Hindi ako nakasagot..

Pakiramdam ko ay nalibang ako sa mga kislap na paulit-ulit kong nakikita sa mga mata nya..

At non ko narealized na totoo pala ang sinasabi mga palabas at nababasa ko sa mga story book.. Kapag nagpapakatotoo ang tao tungkol sa nararamdaman nya.. kumikislap ang mga mata nito..

Yun ang tanging laman ng isip ko.. alin mang parte ng katawan ko ay hindi kumokontra sa nakikita ko.. Kaya naman pilit ko na lang inintindi ang masarap sa pandinig na linya'ng binitiwan nya..

Pinakiramdaman ko ang sarili ko at tinanong ko ito..

Anong nararamdaman ko??

Nalilito ako sa sarili kong nararamdaman..

Ang sarap pakinggan ng mga sinasabi nya at ang sarap titigan ng mukha nya kapag sinasabi nya yun..

Pero meron pa ring kulang..

Your mind is acting up again, Maxpein..

Naiiwas ko ang paningin ko sa kanya at saka ako tumingin sa dulo ng dagat..

Hindi sya nagsalita at hindi ko na rin sya nakikita.. nanatili akong nakatingin sa dulo ng tubig habang pilit na nag-iisip.

"H-Hahahahaha.. m-masyado ba akong naging mabilis?? D-Don't worry.. I just prayed for it.. h-hindi naman ibig sabihing iga-grant agad.. h-hehehe.." parang napapahiyang usal nya at napabuntong-hininga naman ako. **"W-Wag mo sana isiping minamadali kita.. its not like that.. Its just that, I can't really help myself from being this comfortable to speak up my mind kapag ikaw ang kaharap ko.."**

Hindi ako nagsalita..

Hindi ko sya sinagot..

Nanatili akong nakatingin sa malayo ay pilit na kinaklaro ang isip ko..

"What can I do to make you happy??"

Natinag ako nung madinig kong magtanong sya..

Hindi agad ako lumingon..

Hindi pa rin ako nagsalita..

Tinanong ko ang sarili ko..

Ano nga ba ang pwede nyang gawin para maging masaya ako??

Nahihirapan akong sagotin ang sarili ko..

Pano kita sasagutin kung sarili ko mismo, hindi ko masagot??

"I hope you won't mind if I do this.." mahinang usal nya at saka ko naramdaman sa magkabilang balikat ko ang mga kamay nya. Dahan dahan nya akong iniharap sa kanya at muling nagtama ang paningin namin. **"I want you to answer me by looking straight in my eyes.. kasi yang mga matang yan.. yan ang pinaniniwalaan ko Taguro.."** malumanay pang dagdag nya. **"What can I do to make you happy??"**

"I don't know.." malumanay ring sagot ko habang nakatingin sa mga mata nya. **"Hindi ko alam.."**

Hindi sya nagsalita..

Nanatili kaming nakatingin sa isa't isa at parehong hindi malaman ang mararamdaman..

Alam ko sa loob kong may panghihinayang sa kanya dahil yun ang nakikita ko sa naging reaksyon sa mukha nya..

Ramdam ko ring nalungkot sya pero wala akong magagawa..

Ayokong magsinungaling sayo.. Ayoko ng maulit pang makapagbitaw ako ng mga salita sayong ultimong ako.. ay walang kasiguraduhan..

Bumuntong-hininga sya ng malalim at nung maramdaman kong unti-unti nyang tatanggalin na ang mga kamay nya at saka ako nagsalita..

"Even if you can't make me happy like you want me to be.. can you at least do something for me?" tanong ko at parang nagliwanag naman ang kaninang malungkot na nyang mga mata.

"W-What is it?"

"Wag mo ko piliting maging masaya.."

"B-Bakit?"

"Dahil gusto kong hayaan mo kong maging masaya nang hindi dahil sa gumawa ka ng paraan para maging masaya ako.. Gusto kong maging masaya ng kusa.. na kahit wala kang ginagawa.. ikaw ang

naging dahilan.." mahinahon at sinsero'ng sagot ko at nakita ko ang gitla sa mukha nya.

Hindi sya nakasagot at saglit pa syang namangha..

Unti-unti'ng lumabas ang matamis nyang ngiti at saka nya...

NIYAKAP ako..

"E-Even for just a minute.. p-please let me do this.." bulong nya pa habang nakayakap sakin.

Hindi ko alam kung bakit nya ginawa yun..

Pero isang bagay lang ang alam ko..

Seryoso ako sa sinabi ko..

"Thank you for not promising anything and staying true.." dagdag nya pa.

Huminga ako ng malalim at saka palihim na ngumiti sa kabila ng pagkakayakap nya..

5

4

3

2

1

"Hooooooooyyyy!!!!!"

Mabilis kong naialis si Sensui sa pagkakayakap sakin nung marinig ko ang sigaw na yun ni Zarnaih! Sabay kaming napalingon sa kanya!

"Tch! Badtrip naman 'to si Parrot!" singhal pa ni Sensui.

"B-Baket!" kami ni Sensui.

Nagtama ang paningin namin ni Sensui at pareho kaming nagkailangan!!!

AWKWARD!

Pilit kong inalis ang pagkailang ko at saka muling pilit na sumeryoso!

"Umahon na kayo dyan at mag-iisnorkling daw tayo sabi ni Mang Peyts!!!"

"Sino namang Mang Peyts?" bulong ko pa. Hindi ko na hinintay si Sensui at iiling-iling na akong naglakad paahon.

"Hoy Taguro! Hintayin mo ko!" sigaw ni Sensui at hindi ko naman sya pinansin.

Salubong ang kilay na sinalubong ko ang mapanuksong tingin ni Zarnaih sakin!

"Tsk tsk tsk.. Haaaayyy Maxpein.." si Naih.

"Ano na naman?"

"What is this I'm feeling? I just can't explain.. When you're near.. I'm just not the same.. I tried to hide it.. tried not show it----"

"Shut up.." pambabara ko sa kanya nung bigla syang kumanta sa harap ko!

"I'm falling for you.. finally my heart gave in and I'm falling in looooooooovveee!!! I finally know.. how it feels.. so this is love---"

Inis akong naglakad papalayo sa kanya at saka lumapit kila Maxwell.

"Ano?? Okay pa don sa gitna ng dagat ha??" dinig ko pang tanong ni Naih kay Sensui.

"Oo, malamig ang tubig.."

"Oww??? E bakit parang pinagpapawisan ka?!"

"Tch.."

"Hahahahahaha.."

Hindi ko na sila pinakinggan at bumaling na lang ako kila Maxwell.

"Saan ang punta natin?" tanong ko sa kanya at ngumiti naman sya sakin.

"Sasamahan tayo ni Mang Pitong magsnorkeling.." sagot ni Maxwell. **"Gusto ni Maxrill magsnorkeling.."**

"Ayoko.. kayo nalang. Dito na lang ako." maikling sagot ko.

"Bakit naman ayaw mo?"

Napalingon ako kay Sensui nung bigla syang sumulpot sa tabi ko.

"Masaya yon.." seryosong sabi pa ni Sensui na tumingin pa saming lahat. Iniiwas ko naman agad sa kanya ang paningin ko.

"Masaya nga pero hindi ako mag-eenjoy sa ganon.."

"Mag-eenjoy ka.. marami naman tayo e.. Maraming isda don.."

Ang kulit naman neto..

"Sige na Taguro.. sumama ka na.." parang batang pamimilit pa sakin ni Sensui!

"A-Ayoko nga.."

"Sige na nga kasi.. kasama mo naman ako e.."

"Tss.. e ano naman?!"

"Hahahahahahahaha.. alam kong gusto mo rin akong makasama kaya sige na.."

"Aww.. Wow ahh hahahahaha.. gumagay-own pah!?" si Naih.

"Taguroooo!!!!" mahinang sigaw pa ni Sensui!

"Ayoko nga!" inis na sigaw ko rin!

"Bakit nga kasi!? Masaya yon!"

"Masaya nga! Pero hindi ako interesado sa ganon!"

"E bakit nga kasi!?"

"Takot ako sa isda!"

"A-Ano?!" pigil ang tawang tanong pa ni Sensui! **"T-Takot ka sa isda?! Bwa---Bwahahahahahahahahahahaha! Yang laki mong yan takot ka sa isda?! Hahahahahahahaha!"**

"Hahahahaha ngayon ko lang nalaman yan Max ahh??" pang-aasar rin ni Naih!

"Hahahahahahahaha.." malakas na tawa rin ng mga kapatid ko.

Salubong ang kilay na iniiwas ko sa kanila ang paningin ko.

"Hahahahahahahaha!"

Nung marindi ako sa tawa nila ay tinalikuran ko sila at naglakad pabalik sa kubo pero mabilis akong hinabol ni Sensui.

"H-Huy Taguro.."

"Ayoko ngang sumama.." pagmamatigas ko habang pinipigilan ang init ng ulo ko.

"B-Bakit parang nagalit ka?"

"Tss.. sinong matutuwa?? Pinagtatawanan nyo ang bagay na kinatatakutan ko.." seryosong sagot ko at natigilan sya kaya naman nagtuloy ako sa paglalakad at muli na lang syang humabol sakin.

"S-Sorry.. kung ganon ang naging dating sayo.. S-Sorry talaga.." paumanhin nya at hindi ko naman yun pinakinggan. Naubo ako sa loob ng kubo at saka uminom ng tubig. **"Gusto lang naman kitang makasama e.."** parang bata'ng dagdag nya pa.

"Sasamahan kita kahit saan.. wag lang don.." inis pa ring sabi ko.

"E g-gusto ko du---"

"Pwede ba? Pwede ka namang sumama sa kanila ng wala ako ah? Ayoko don.. at wag mo na akong pilitin.."

"Taguro naman.."

"Apat naman kayo don e.. Hindi ka nila pababayaan.."

"Pero gusto ko nga ikaw ang kasa---"

"Deib.." pigil ang inis na usal ko. **"Kapag sinabi kong hindi ko trip ang isang bagay.. seryoso ako don.."** sagot ko at natahimik naman sya.

"O sige.. i-kiss mo ko.."

"W-What!?"

"Kiss me.."

"Ano?! Nababaliw ka na ba?!"

"Nope.. I'm serious.."

"You're crazy.."

"Crazy about you, yes.. hehehehehe.."

"Shut up.."

"Hindi na kita pipiliting sumama pero.. ikikiss mo ko.. sa lips!"

"Tss.. and why the hell would I do that?!"

"Because I said so.." nakangising sagot nya na tumanyo at umastang lalapit sakin! Mabilis ko namang inilapa ang bote ng mineral water na hawak ko at naglakad paatras. **"Hindi kita pipilitin.. pero hahalikan kita.."**

"Shut up.."

"Hahalikan talaga kita.."

"I said.. shut up.."

"Edi sumama ka na.."

"Ayoko.."

"Edi hahalikan kita.."

"Wag kang lumapit Sensui dahil hindi talaga ako magdadalawang isip na saktan ka.."

"Ayos lang.. hindi mo rin naman ako kakayanin kapag ako na ang nagmatigas sayo hehehehehehehe.. Kayang kaya kitang bihagin sa mga braso ko hehehehehe.."

"Tss.."

"At hindi rin ako nagbibiro.."

"Manahimik ka na.." sabi ko habang umaatras pa rin.

"Sasama ka? O hahalikan kita? You choose.." mayabang na sabi nya at saka kusang huminto sa paglapit sakin. Nasa pagitan namin ang lamesa at itinungkod nya pa ang dalawang kamay nya doon at saka deretsong tumingin sakin. **"Naghihintay ako ng sagot Taguro.."**

"Sige.. hindi ako sasama.." mayabang na sagot ko at mabilis naman syang ngumisi at saka muling nagtuloy sa paglalakad papalapit sakin pero hindi na ako umatras. Hinintay ko sya hanggang sa makalapit sya sakin.

"Edi... magpapahalik ka na sakin??"

"Kung yun ang gusto mo e.." sagot ko at bahagya naman syang natigilan.. Bakas pa sa lalamunan nya ang sunod sunod na paglunok!

"T-Talaga? Seryoso ka!?"

"Oo.."

"Y-You will really allow me to kiss you??"

"Sure thing.."

"Sigurado ka Taguro!?"

"Mmm.. I'll give you.. a *'goodbye kiss'*.." sarkastikong sagot ko at napaatras naman sya!

"G-Goodbye---what!?"

"Hahahahahaha.." natawa ako sa naging reaksyon ng mukha nya!

"Ayoko!"

"Kol.. edi tapos ang usapan.." mayabang na sagot ko at saka tinalikuran sya at saka umastang muling iinom ng tubig munit..

Hinila nya ako sa bewang at inilapit sa katawan nya!

"Alam mo bang ayoko sa lahat at yung niloloko ako kung kailan seryoso ako??" nakangising tanong nya kaya naman nagpumilit akong kumawala sa kanya munit masyado syang mabilis kaya nahila nya ulit ako pabalik sa kanya! **"Sinabi ko naman sayong wag mo kong dadaanin sa mga yabang mo dahil babae ka pa rin at lalaki ako.. mas malakas ako sayo Taguro---"**

"S-Sasama nako.. Sasama na ako.. ha?? Sasama nako.. Sige na.. bitiwan mo na ako.." derederetsong sagot ko at natigilan naman sya at saka matamis na ngumiti sakin.

"Papayag ka rin pala e.. nagpapapilit pa.. Hehehehehe.."

"Oo at ipagdasal mo ng wag kitang matsambahan... lulunurin talaga kita!" inis na sigaw ko sa kanya at saka inis na lumabas ng kubo at bumalik kila Maxwell na kausap na sila Mang Pitong!

"Oh eto na pala sila----"

"Tara na!" malakas na sigaw ko dahilan para masapawan ko si Maxwell.

"Akala ko ba hindi ka sasama?" takang tanong ni Naih.

"Sasama nako!"

"Yiiiiieeeee!"

"Tara na!" pagmamadali ko sa kanila.

"Mapipilit ka rin pala ni Sensui e hehehehe!!!"

"Tss.."

"Let's go??" dinig kong yaya ni Sensui na umakbay pa sakin!

Inis kong inalis ang kamay nya pagkakaakbay sakin at saka sumunod kay Mang Pitong!

Badtrip 'tong lokong 'to! Wag lang talaga kitang matsatsambahan e.. iiyak ka talaga! Sinasabi ko sayo.. iiyak ka!!!!!!

"Huyyy Taguro! Hintayin mo ko!"

"Bahala ka sa buhay mo!"

"Hintayin mo ko! Masakit ang paa ko!"

"Pagamot mo sa mga isda!"

"Huy.. alalayan mo naman yun.." bulong sakin ni Naih nung kasunod ko ay sumakay sya sa yate. Naunang umakyat sila Maxwell at Maxrill tapos si Naih at sumunod naman ako! Inis akong tinalikuran sya at naupo. **"Huyyy.. ano ka ba?! Kawawa naman oh.. hindi yan makakaakyat dito.."** turo nya pa sa hagdan paakyat.

"Sa iba sya magpatulong.."

"Ano ka ba!? Sayo lang naman kumportable yan.."

"Wala akong pakelam.. magsarili sya.."

"Hahahahahahaha ano ka ba! You're so mean! Sige na oh.. tignan---"

"Ano ba Naih!? Kung gusto mo ikaw ang tumulong!"

"Eh-----"

"Araaaaaaaaaay!"

Mabilis akong napatayo at tinignan si Sensui matapos ko syang marinig sumigaw!!

"Joke lang..." nakangising banat nya at tinignan ko naman sya ng masama! **"Don't worry babe, I'm fine.."**

Bwiseeeeet!!!!

Napapahiyang napaupo ako sa tabi ng mismong kinatatayuan ko at iiling iling na iniiwas ang paningin sa kanila! Akala ko ay may nangyari talaga sa kaniya dahil bigla syang sumigaw habang umaakyat sa hagdan ng yate kung san naman hindi ko sya kita! Tapos makikita kong nagbibiro lang pala?!

Pakinengshet!

Naupo naman si Sensui sa may bandang likuran ko at saka inilapat ang kamay nya sa may handle kung saan parang nakaakbay sya sakin.

"Nag-alala ka no???" parang natatawang tanong nya pero hindi ko sya nilingon. **"Nag-alala si Taguro sakin hehehehehe----"**

"Manahimik ka!" sigaw ko sa kanya at nagitla sya!

"Wag na wag kang hihingi ng tulong sakin kapag may nangyari sayo dahil hindi talaga kita tutulungan!" sigaw ko pa.

"A-Anong nangyari sayo?"

"Tss.. badtrip ka.."

"Huyy.. eto naman oh.."

"A-Alis!" sabi ko at itinaboy ang kamay nya!

"Huyyy.."

"Dumistansya ka nga sakin.."

"Taguro naman.."

"Dumistansya ka sabi e!"

"Ayoko nga!"

"Ahh.. ayaw mo!?"

"Ayoko.."

"Ayaw mo!?"

"A..YO..KO.. AYOKO!" nakangising pagmamatigas nya!

Grrrrrrrrr!!!!!!

Inis akong tumayo at saka bumaba sa kwarto sa ilalim ng yate!!

Abnormal na yun.. kung anu-anong ginagawa!? Alam nya ba kung anong dating nung mga ginagawa nya sakin!? Badtrip!

Bakit ba ganito ang nararamdaman ko!?

Naiilang ako kahit hindi naman dapat!

Nung sumigaw sya kanina.. totoong nag-alala ako kaya naman ganon na lang kabilis ang naging pagtayo ko at pagpunta kung saan alam kong aakyatan nya dahil akala ko ay may masama na namang nangyari sa kanya!

Pesteng accident prone!

"T-Taguro naman.."

Inis akong napalingon at mas nainis ako nung makita ko si Sensui!

"Umalis ka dito.." pilit pinapalumanay na sabi ko.

"Wag ka na kasing magalit.. nagbibiro lang naman ako e---"

"Hindi ko gusto ang biro mo!"

"Kahit mo gusto.. wala kang magagawa dahil nagustohan ko yun.." nakangising sagot nya at pinandilatan ko naman sya ng mata! **"Kitang kita kong nag-alala ka at wag ka ng tumangge dahil hindi makakapagsinungaling sakin yang magaganda mong mata hehehehehehe.."**

Hindi ko sya sinagot!

Nanlilisik ang mga mata'ng tinignan ko sya ng deretso!

"Wag mo kong tignan ng masama dahil kahit anong gawin mo.. hindi ako matatakot sayo.. Mas maiinlove nga lang ako sayo.." nakangisi pa ring dagdag nya!

Hindi ko malaman kung anong sasabihin ko!

Naiinis ako na hindi ko maintindihan!

Hindi ko alam kung anong sasabihin ko sa kanya para ilang segundo man lang ay matahimik ang bunganga nya!

Masyado syang maingay at naiirita ako sa mga sinasabi nya!

"I really like you a lot.. Maxpein.." biglang malumanay na sabi nya dahilan para muli akong inis na mapatingin sa kanya.

Hindi ako sumagot at inis na tumitig sa kanya..

Nananatili syang nakangiting nakatingin sakin na para bang balewala ang masamang tingin ko sa kanya.

"And no matter what I do.. I can't stop myself from loving you.."

"S-Shut up.."

"I can always take care of myself, so you don't really have to worry that much.." nakangising sagot nya.

"I said shut up.."

"But still.. you always prove me that *'I can't'* take care of myself.. because you will.."

"A-Ano bang sinasabi mo!?"

"Wag ka na kasing magsungit.. may sakit na nga ako e.." nakangusong sabi nya.

"Tss.. may sakit!? Wow.."

"Sorry na.. binibiro lang talaga kita.."

"Hindi ko nagustohan ang biro mo.." inis pa ring sabi ko!

"Kaya nga nagsosorry ako e.."

"Tss.. Pero sinadya mo! Abnoy ka talaga e no!?"

"Oo.. naabnoy sayo hehehehe.."

"Tss.. umalis ka na sa harap ko.."

"Pero---"

"Magpapahinga ako!"

"Sasamahan kita.."

"Ayaw kitang makita.."

"Ang sungit sungit mo.."

"Sinabi ng umalis ka sa harap ko e! Baka gusto mong magkasakitan pa tayo dito?!"

"Tch! Sige na! Sige na! Sungit!" nakangusong umakyat sya ulit sa taas ng yate at naiwan akong mag-isa!

Inis akong ibinagsak ang katawan ko sa sofa na nandoon at saka ako nagsindi ng sigarilyo!

King inang yun.. pinabibilis ang tibok ng puso ko!!

Kahit kelan, takaw disgrasya! Konting kilos akala mo mamamatay sya! Baliw!

Sandali akong nawala ang inis ko at taka akong napatingin sa kamay ko nung mapansin kong nanginginig 'to!

Anong nangyari dito!?

Dala ng inis siguro..

Hindi ko na yun pinansin at pinagpatuloy ko na lang ang paninigarilyo..

Pero maya maya lang..

"Maaaaaxxx!!!" dinig kong tawag sakin ni Naih. **"Hahahahahahhaha! Woooohhh! Maaaaxxx!!! Umakyat ka dito daliii! Ang ganda! Ang ganda ganda!!!!"**

Tss.. isa pang abnoy..

"Maaaaaaxxx!" sigaw nya pa ulit kaya naman inis akong tumayo! Aakyat na sana ako pero nakita ko ang isang towel na puti kaya naman kinuha ko muna yun at saka ako umakyat! **"Max! Max! Tignan mo oh! Woooohhh hahahaha! Ang lalaki ng mga isda! Ang lalapit nila sakin!"**

Gulat akong makita si Naih na nakalife vest na at pababa na ng yate!

"Noona! Tara na!" dinig ko ring sigaw ni Maxrill na kasalukuyang katabi ni Maxwell! Mabilis namang hinanap ng mga mata ko si Sensui! Inilinga linga ko pa ang mga mata ko pero hindi ko sya makita!

Nasan na yun!?

"Nandito pa ko.."

Dahan dahan akong napalingon sa likuran ko at muntik ng magkadikit ang katawan namin!

"A-Ano ba! Alis!" inis na sigaw ko dahil masyado syang malapit!

"Naligo ka na't lahat.. Mmm ang bango mo pa rin.. hehehehehehehe.."

"Alis sabi e!"

"Ano ka ba! Wag ka ngang OA! Tch! Hindi naman kita didikitan ng higit pa dyan! Tch! Oh eto!"

Pabato'ng ibinigay nya sakin ang lfie vest ko!

"Isuot mo yan.."

"Ano 'to?!" inis na tanong ko.

"Life vest ang tawag dyan.."

"Alam ko!"

"E bakit nagtatanong ka pa?? Para lang makausap ako?? Hahahahahahaha.."

"Ang kapal ng muka.." bulong ko pa.

"Mapisngi lang hehehehe.. sige na.. isuot mo na yan.. Bababa na tayo.."

"Ayoko---"

"Ops! Bawal tumanggit.. halik ang kapalit.."

Inis akong isinuot yun!

Peste! Bakit ba ako nagpapasindak sa accident prone pilantod na 'to!? Talagang makakatikim ng sapak sakin 'to e.. Hindi ko hahayaang matapos ang araw na 'to ng hindi kita nasasapak Sensui! Taga mo yan sa panga mo!

"Bilis!" sigaw nya pa at parang tanga'ng sumunod naman ako!

Peste! Peste! Peste!

Nung matapos ako ay padabog ko pang pinagpag kunwari ang life vest na suot ko!

"Tapos ka na ba??"

"Ano sa tingin mo!?" sarkastikong tanong ko.

"Oh sya talikod.."

"Eh!?"

"Talikod!"

"A-Anong talikod?!"

"Tumalikod ka!"

Inis na naman akong sinunod sya!

"Hindi pa kita asawa kaya naman wala ka pang pwedeng makita hehehehe.. hanggang mukha ka pa lang.."

"Lintek rin naman talaga ang tigas ng mukha mo e no!?" inis na tanong ko habang nakatalikod sa kanya at nangigigil sa inis!

"Hahahahaha.. nagpapakatotoo lang.."

"Konting konti na lang talaga.. Konting konti na lang Sensui---"

"Ano?!"

Laking gulat ko nung idungaw nya ang ulo nya malapit sa mukha ko munit ang katawan nya'y nananatili sa likuran ko! Masyadong malapit ang mukha namin sa isa't isa dahilan para mapaatras ako!

"A-Anong ginagawa mo dyan!!"

"Tinitignan ang mukha mo.. hehehehehe.."

"H-Hindi mo na pwedeng ulitin yun---naiintindihan mo!?"

"Okay.. hehehehehehe.."

"Seryoso ako!" inis na sigaw ko!

"Mas seryoso ako.."

Tumingin sya sa mga mata ko at kuminang na naman ang mga mata nya sa paningin ko!

"Hindi masamang ipakitang kinikilig ka paminsan minsan ha?? Ta.. Gu.. Ro.." sabi nya sa mismong mukha ko at saka nauna sakin!

Naiwan akong nakatayo at sunod sunod ang lunok!

Nung makarinig ako ng dive sa tubig ay saka ako inis na lumingon uli sa kanila!

Peste ka! Malunod ka sana!

"Pein, ano ba? Let's go! Hapon na oh.." si Maxwell. Kaya naman inis akong bumaba na rin ng yate!

"A-Akala ko ba snorkeling?!" inis na tanong ko.

"Teka lang.. doon pa daw ang snorkling.." si Naih. **"Gusto kasi ni Maxrill makita ang mga isda dito.."**

"Tsk! Ayoko ng isda! Nababuset ako sa mga isda! Ayokong lumangoy! Naiinis akong lumangoy!" inis na sabi ko.

"E bakit ka nandito?!"

Pakiramdam ko ay namula ako sa pagkapahiya sa derektang tanong ni Naih na yun!

"E-Eh n-niyaya nyo ko---"

"Pero hindi ka namin pinilit.." nang-aasar pang sagot nya. **"Kilala mo ang sarili mo.. kapag sinabi mong ayaw mo Maxpein.. ayaw mo, Maxpein!!!! Wala kelanmang nakapagpabago sa desisyon mo.. ngayon lang!!!!"** nakangising dagdag nya at saka lumayo sakin! Inis akong tinignan sya habang papalapit kila Maxwell at Maxrill!

"Tss.. baliw ka.. geh, shabu pa!"

Inis akong lumangoy ng kaunti papalayo sa kanila at nakita ko si Sensui!

Parang bata'ng nakikipaglaro sya kay Maxrill na tuwang tuwa naman katitingin sa mga isda!

Masyadong malinaw ang tubig sa paligid namin kaya naman kahit na hindi mo ilubog ang ulo mo sa tubig ay makikita mo silang lumalangoy sa paligid!

Ano bang ginagawa ko dito!!!! Pesteeeeeee!!!!!!

Naiinis talaga ako at seryoso ako! Nababadtrip talaga ako!

Ako mismo ay hindi ko kilala ang tao'ng iniaasta ko ngayon!

Nagflashback sakin lahat ng mga pinagsasasabi ko kay Sensui at mas nakaramdam ako ng inis!

May gusto na ba ako sa kanya?!

Tss.. imposible..

"Max! Come here!" sigaw ni Maxwell at inis naman akong lumangoy papalapit sa kanila! **"Stay here.. wag kang humiwalay samin.."** may awtoridad na utos nya sakin at nagpalutang lutang na lang ako sa tubig at hindi ako nakisali sa kanila..

Tumingala ako sa langit at pinagmasdan yun..

Sana nga.. sana nga magkagusto na lang ako sa kanya.. Kasi gusto ko nang makalimutan si Randall..

Kahit ayaw ko ay kusa syang pumasok sa isip ko..

Naalala kong hindi kami nagkaroon ng pagkakataon noon na makapagswimming ng solo.. Parating may kasama.. pero hindi namin kelanman nakasama ang pareho'ng pamilya namin sa mga outings namin..

Nung nasa kalagitnaan pa lang kami ng relasyon namin ni Randall ay nakakapag-outing kami nila Maxwell, pero hindi rin naman sa ganitong kalayong lugar.. Sa mga lugar lang na malapit sa Laguna..

Pero kahit kelan hindi ako binadtrip nun tulad ng pambabadtrip sakin ng isang 'to!

Naalala ko ang mga sinabi ni Sensui mula kagabi!

Seryoso talaga sya.. may gusto talaga sya sakin.. At base sa ipinapakita at mga pinagsasasabi nya.. sa mga ikinikilos at ginagawa nya.. Kahit hindi nya sabihin, alam kong in love na sya sakin..

Masyado na nga ba talagang nagiging makapal ang mukha ko?? Dahil ako mismo ay nasasabi sa sarili kong in love nga sya sakin?!

Tss.. siguro nga ay makapal ang mukha ko.. Pero kahit naman ganon ang nararamdaman ko sa mga ipinapakita nya.. Hindi ko pa rin matanggap sa sarili kong gusto nya nga ako..

Sa dami ng kalokohang ginawa nya sakin noon?! Sinong engot ang maniniwalang hahantong kami sa ganito?!

"Isama mo naman ako sa iniisip mo.. O kasama na talaga ako?? Hehehehe.."

Inis akong napabalikwas mula sa pagkakalutang nung marinig ko na naman ang boses ni Sensui!

Nagtama na naman ang paningin namin at nakangiti pa rin sya sakin!

Kunwari pa syang takang tumingala sa langit at saka tumingin sakin!

"Anong meron dun?" tanong nya na itinuro pa ang langit! **"Bukod sa ulap.. anong nakikita mo dun?? Hehehehehehehe.. Mukha ko??"**

"Asa.."

"Pero.. ano ngang nakikita mo?? Seryoso.."

"Si Kamatayan.. sinusundo ka na.."

"H-Hoy Taguro! W-Wag ka ngang magbiro ng ganyan!" biglang seryosong sigaw nya at hindi naman ako nagpasindak sa kanya! Seryosong tinignan ko sya at ipinaramdam kong wala akong pakialam sa kanya! **"Wag mo nga akong bibiruin ng ganyan.. Gusto mo na bang mamatay ako!? Ginawa mo na dati yan ah! Natuwa ba ako!?"**

"Sino bang may sabe sayong nagbibiro ako!?" inis na tanong ko.

"A-Anak ng.. badtrip ka ah!"

"Tss.."

Hindi nya ako sinagot salubong ang kilay na iniwas nya ang paningin kasunod ng buong katawan nya sakin!

"Para sa simpleng biro.. gagantihan ng masamang biro.. Bwisit!" dinig kong bulong nya at natawa naman ako ng bahagya munit hindi ko ipinarinig sa kanya.

Abnoy kahit kelan.. ugaling ugali neto kausapin ang sarili nya.. Tsk tsk tsk..

"Hoy.." usal ko na kinulbit pa sya at salubong na salubong naman ang kilay nya nung lingunin nya ako! **"Anong ibinubulong bulong mo dyan ha?!"**

"Ano bang pakialam mo!?" inis na tanong nya.

"Narinig kita.."

"Narinig mo pala e.. bakit nagtatanong ka pa?!"

"Tss.. ano ka babae?! Kung makapag-inarte ka sa harap ko.. Babae?! Babae?!"

"Hindi ko nagustohan ang biro mo, okay?!"

"Edi ngayon.. alam mo na kung anong pakiramdam ko!?"

"Tch! Ganyan ka ba talaga?! Para kang bata! Kapag biniro ka talagang kailangang magantihan mo ng doble!? Alam mo ba kung anong pakiramdam ko dahil binibiro mo ko sa kamatayan ko?!"

Ang OA naman nito..

"Pano kung magkatotoo ang biro mo?! Sa tingin mo hindi ka maguiguilty dahil yung simple'ng biro mo---nagkatotoo!?"

"Sino namang may sabi sayong hahayaan kong magkatotoo yun??" nakangising tanong ko.

"A-Ano?!" inis pa ring tanong nya.

"Kahit sunduin ka ni Kamatayan.. desisyon ko pa rin kung hahayaan kitang sumama o hindi.." nakangising sagot ko at natigilan naman sya. Kumurap kurap pa ang mga mata nya at saka napapalunok na tumingin na naman sakin. **"Tss.. kilig na naman.."** sarkastikong bulong ko at saka lumangon papunta kila Maxwell pero..

"A-Ano ba!!!!" inis akong sinipa sya!

"A-Aray!!!" sigaw naman nya! **"Bakit mo ko sinipa!"**

"Bakit mo ko hinawakan sa paa!!!!" sigaw ko rin sa kanya!

Lalangoy na sana ako papalayo sa kanya at papalapit kila Maxwell matapos kong bitiwan yung pamatay kong linya e bigla nya naman akong hinila sa paa dahilan para sipain ko ang kamay nya!

"Bakit ba ang hilig mong tumalikod matapos kong magbitiw ng matatamis na salita, Taguro!?" nakangising bulong nya sakin at salubong ang kilay namang napatingin ako sa kanya! **"Alam mo?? Kung isang malaking kumpanya ang puso mo at puso ko.. sisibakin na ako sa trabaho.. Sa pagkakaalam ko.. trabaho kong pakiligin ka, dahil ako ang nanliligaw sayo.. Pero bakit nga ba, ako ang mas pinakikilig mo??"**

Ano bang sinasabi nito!?

"Sabihin mo nga sakin.. may gusto ka na rin ba sakin??" matamis ang ngiti'ng bulong nya pa.

"Ano!?"

"Tinatanong ko kung may gusto ka na rin ba sakin??"

"Wala!" deretsong sagot ko. Hindi sya sumagot pero hindi rin bakas sa mukha nyang nainis sya. HIndi ko alam kung nagustohan nya ang sagot ko o nagalit sya! Nananatili syang nakangiti at nakatingin sakin!

Dinig kong bumuntong-hininga sya at saka mas tumitig sakin..

"Pwede bang ienjoy mo na lang ang pakiramdam habang kasama mo ko?? Pwede bang wag mo na lang kontrahin ang mga sinasabi ko at kiligin ka na lang??"

"Bakit ko naman gagawin yun?" mataray na tanong ko.

"Dahil sa ganong paraan ko lang makukuha ang pagmamahal mo.. At kung mamamatay man ako ngayon sa dagat na 'to.. ayos lang, basta ikaw ang kasama ko.."

"Ano ba! Ano ba! T-Tigilan mo na nga yang mga kabaduyan mo pwede!?" inis na tanong ko.

"Hahahahahahaha.. baduy na ba?!"

"Sobra! Ang jologs mo!" sigaw ko sa kanya pero ngumiti lang muna sya!

"Ang sarap pala sa pakiramdam ng ganito.. kahit na hindi tayo.. Nakikita at nararamdaman kong gusto mo rin ako.."

"Ano!?"

"Mmm.. kahit hindi mo sabihin.. pinaparamdam mo naman sakin.. Actions speaks louder than words, you know!?"

"Tss.. one word, Sensui.. One word.. ASSUMING!"

"Showy lang.. hehehehehe.. Wag ka na kasing masungit! Pwede bang ienjoy na lang natin yung oras ng hindi mo ko inaaway!?"

"Wag mo kong dikitan para hindi kita inaaway!"

"E anong gagawin ko?! Hindi mahiwalay sayo ang puso ko!?"

"E kung lunurin ko yang puso mo?"

"Sa pagmamahal mo?! Pwede!!!! Pwedeng pwede! Hahahahaha!"

"Hoy! Tama na yan! Tara na!" biglang tawag ni Naih samin at inis akong tinalikuran si Sensui!

"Teka.." habol na naman nya!

"What now! Tigilan mo na ako!"

"Y-Yung paa ko.. m-masakit na talaga.."

Hindi ako nakasagot at tinitigan ko sya.

Sinubukan ko pang tumingin sa paa nya pero dahil nakalubog kami sa tubig ay hindi ko yun makita!

Pero ganun pa man e bakas talaga sa mukha nyang seryoso sya sa sinasabi nya.

"Sabi naman kasing magpahinga ka na e.." inis pa ring sabi ko.

"Mas gusto kong mapagod kasama mo.. kesa magpahinga ng hindi ka nakikita.." bulong nya habang iniinda ang sakit na nararamdaman nya. Bahagya ng nakangiwi ang mukha nya at mukhang nasasaktan na talaga sya!

"T-Tara.. tara.." yaya ko at iniakbay ko ang kamay nya sa balikat mo.

"Kaya mo ba ako??"

"Tss.. nasapak nga kita ng ilang beses e.." mayabang na sabi ko.

"Tch!"

"Hindi kita bubuhatin wag kang mag-alala!"

"Mahalin mo lang ako ayos na.."

"Manahimik ka.. baka lunurin kita.."

"Love me.. love me.. say that you love me.. Fool me.. fool me.. Go on and fool me.." kanta nya pa ng isang lumang kanta habang nakatingin sakin!

Hindi ko na sya pinansin at inakay ko na sya palangoy papalapit sa yate.

Nakaakbay sya sakin pero hindi ko gaanong ramdam ang bigat nya.

Gumagaan ang katawan namin pareho habang nasa tubig..

"Oh.. What happened? Are you okay??" biglang tanong ni Maxwell mula sa likuran namin kaya naman sabay naming nilingon sya.

"Hindi nya na kayang umakyat.. tulungan mo nga.." utos ko sa kanya.

"Magpahinga kana kaya?" baling ni Maxwell kay Sensui.

"Kaya ko pa.." nakangiting sagot ni Sensui kaya naman inalis ko ang pagkakaakbay sakin ng kamay nya!

"Kaya mo pa pala e! Umakyat ka mag-isa!"

"Shhh.. Maxpein.." suway sakikn ni Maxwell. Seryoso sya.

"Tss.."

DEIB'S POV

Napakasaya naman talaga ng araw na 'to at ito na ang pinakamasayang araw sa tanang buha ko hahahahaha!

Ewan ko ba kung bakit meron sa loob kong nagsasabi saking hindi man sing tindi ng nararamdaman ko ang nararamdaman ni Taguro.. Alam kong meron!

Kahit konting konti ay *MERON*!

Pero ayaw ko pa ring mag-assume ng sobra..

Iniiwasan kong maramdaman at mag-isip tulad ng dati.. nung si Kim pa ang nililigawan ko..

Gayunpaman ay ayokong ipagkumpara.. dahil itong ginagawa ko kay Taguro.. hindi ko na pinag-iisipan pa.. dahil nagkukusa.. Lumalabas sa pagkatao ko ng natural na natural..

Heheheheheehehhehehe.. Love me.. Love me.. Say that you love me..

"Oh.. What happened? Are you okay??" biglang tanong ni Maxwell mula sa likuran namin kaya naman sabay naming nilingon sya.

"Hindi nya na kayang umakyat.. tulungan mo nga.." utos ko ni Taguro sa kanya.

"Magpahinga kana kaya?" baling ni Maxwell sakin.

"Kaya ko pa.." nakangiting sagot ni ko at mabilis namang inihagis ni Taguro ang kamay ko!

"Kaya mo pa pala e! Umakyat ka mag-isa!" sigaw nya pa!

"Shhh.. Maxpein.." seryosong saway ni Maxwell sa kanya.

"Tss.."

"Let me help you.." bulong pa ni Maxwell at saka inalalayan ako paakyat.

"Oh? Ayos ka lang ba iho??" alalang tanong ni Mang Pitong.

"A-Ahh hehehe.. opo.." sagot ko naman.

Pero ang totoo ay tinitiis ko na lang..

Masakit na talaga ang paa ko at nanginginig hanggang hita ko kapag sinusubukan kong ipapag o ilakad ito..

Sakit na kayang kaya naman..

Pero mapapangiwi ka talaga kapag biglang tinamaan!

"Maxwell.." tawag ni Taguro.

"Mmm?"

"Ayoko ng lumusong sa tubig.."

"Bakit?" gulat na tanong ni Maxwell sa kanya at lahat naman kami ay nananatiling nakatingin sa kanya.

"Ayoko nga kasi lumangoy langoy kasama ng mga isda! Natatakot ako sa isda!"

Hahahahahahahaha! Ang cute..

"Kasama mo namin kami e.. marami tayo.." pigil ang tawa'ng sagot ni Maxwell sa kanya!

"Tss.. kahit na marami tayo.. mas marami pa rin yung mga isda!!!"

Hahahahahahah! Ang cute cute nya..

"Maxpein---"

"Look.. hindi ko trip ang mga ganon, okay!? Hindi ko trip makilangoy sa mga isda kahit pa magaganda silang tignan para sayo! Hindi lahat ng maganda at masaya sayo ay ganon rin sakin! Ayokong lumangoy! Kayo na lang.."

"Ang killjoy mo, Max!" si Parrot!

"Oo nga.." sang-ayon ni Maxrill. **"Kasama mo naman si Deib.."**

"Tss.. pipilay pilay nga e.."

"Edi sasamahan na lang kita dito.." singit ko at nilingon naman nila ako at ngumiti naman ako. **"Kung ayaw nya talagang magsnorkle.. sige maiwan na lang kami dito---"**

"Sumama ka sa kanila.."

Tigas ng ulo..

"Sasamahan na lang kita dito.."

"Kailangan mong mag-enjoy.."

"Tch! Pano ako mag-eenjoy e ang sakit nitong paa ko.. hindi pa kita makakasama?? Anong enjoy dun!? Heheheheh.."

"Kaya nga sumama ka na, Noona.." si Maxrill.

"Peste! Peste! Peste!" sigaw ni Taguro na parang wala ng magawa!

Inis syang tumalikod samin at lumapit kay Mang Pitong! Nagkatinginan naman kaming lahat at saka palihim na natawa sa kanya..

"Ang laki laking tao, duwag.." bulong pa ni Maxwell.

"Hahahahaha.. nagpapacute lang yan.." si Maxrill.

"Hahahaha, ngayon ko nga lang rin nalamang takot sya sa isda e hahahah.. ang cute di ba?! Pucha ang weird talaga ni Max! Super duper weird!"

"Hahahahahaha.." at nagtawanan kami.

"Are you enjoying, Deib??" tanong sakin ni Maxwell at agad naman akong ngumiti sa kanya.

"I'm more than enjoying.. I'm very happy at the same time.." nakangiting sagot ko.

"Psh! Ikaw ba naman makadikit ng hard sa crush mo e.. pucha sinong hindi matutuwa?!"

Inis akong nginusuan si Parrot!

"She's not my crush.." nakangising sagot ko.

"Hahahahahahaha.. in love ka na ba talaga kay Max ha?? Sensui??"

Nakaramdam bigla ako ng hiya sa derektang tanong nyang yun!

"Ang tanga ko talaga.. kitang kita naman, bakit pa ako nagtatanong di ba!? Hahahahaha.. you're in love.." si Parrot.

"Tch.."

"Hahahahaha.. pucha ang lupet! Wala pang nakadikit kay Max ng sing close ng pagdikit dikit mo!"

Seryoso!?

"T-Talaga??" tanong ko.

"Mmm.. kaya nga nagugulat ako't hindi ka napapasama sa mga ginagawa mo e hahahaha.."

"Mmm hahahahaha.." nanunuksong banat ni Maxwell at hindi ko naman napigilan ang sarili kong mapangiti sa kanila..

Sandaling katahimikan ang namutawi pero lahat kami nananatiling nakangiti.

"Salamat.. salamat sa inyo.." pigil ang hiya'ng usal ko at tumingin naman sila sakin.

"Saan??" nakangiting tanong ni Maxwell.

"Kasi kahit na, inaway away ko noon si Taguro.. Ngayon, tinutulungan nyp pa rin ako.."

"Psh.. anong kinalaman namin dun!? Ginusto mo yan e hahahahaha.."

"Hahahahaha.." nakitawa ako kay Parrot. **"Pero seryoso.. Salamat talaga.. Kasi kung sa iba yun.. malamang, hindi na ako nakalapit kay Taguro.."**

"Bakit naman?!"

"Kasi nga syempre.. yung pinagdaanan namin nung una, hindi maganda.. Kahit sinong malapit na tao sa kanya ay magagalit sa mga pinaggagagawa ko sa kanya.."

"Hahahahaha.. sabagay.. Pero ayos na rin yung sa ganon kayo nagsimula.. at least, matatapos kayong masaya.."

Napatingin ako kay Maxwell ng bitiwan nya ang masarap sa pandinig na linyang yun!

"T-Talaga??"

"Mmm.. hindi naging maganda ang start nyo.. Kaya paniguradong masaya ang magiging ending nyo.."

"Hahahahahahahahahaha.." natawa ako sa sobrang saya. **"Sana nga.."**

Mabilis na lumipas ang sandali at narating namin ang parte ng dagat kung saan sabi ni Mang Pitong ay spot talaga for diving and snorkeling..

"Ano?? Ayaw mo ba talagang sumama??" tanong pa ni Parrot kay Taguro na umiling naman agad. **"Sumama ka na kasi.. wala ng araw oh.. 5:30pm na kasi.."**

"Ayoko nga.."

"Sige na Max, please?"

"Sige, magpumilit ka pa.." nakasimangot ng tugon ni Taguro sa kanya.

"Edi hindi na.."

Tinignan lang nina Maxwell at Maxrill si Taguro at saka sumunod kay Mang Pitong.

At maya maya pa ay nasa tubig na naman sila..

Iika-ika naman akong naglakad papalapit sa gilid ng yate para silipin sila..

Gusto ko rin sana.. pero mas gusto kong makasama si Taguro at makapagpahinga..

"Bakit hindi ka sumama?"

Dahan dahan akong napalingon kay Taguro pero hindi sya nakatingin sakin.. nasa tabi ko sya pero isang metro ang agwat nya. Nakatungo lang sya sa dagat habang salubong ang kilay nya kaya naman tumingin na lang rin ako sa kanila. Kasalukuyang nagtatawanan sila sa tubig.

"Sabi ko naman sayo.. pumunta ako dito, para sayo.. Mas mag-eenjoy akong sigaw sigawan mo kesa mag-enjoy mag-isa kasama yung mga isda'ng kinatatakutan mo.."

"Tss.."

"Hehehehe.. Masakit na rin kasi ang paa ko.. B-Buti sana kung kasama ka, alam kong hindi mo ko pababayaan kaya sasama talaga ako.." nakangiti pang sagot ko at nakita ko naman sa gilid ng paningin ko na lumingon sya sakin kaya naman nakangiting lumingon rin ako sa kanya at saka nagtama ang mga paningin namin.

"Bakit ba parati mo na lang idinidikit ang sarili mo sakin??" seryoso at kunot-noo'ng tanong nya munit hindi galit ang tono ng pananalita nya.

"Hindi ko alam.. basta, gusto kong parati kitang nakikita.. parati kitang nakakasama.. nakakausap.."

"Bakit nga?"

"E kasi nga gusto kita.. Gusto kitang makasama, makausap, makita.. lahat.. Lahat ng may kinalaman sayo.. gusto ko.." nakangiting sagot ko at mas sumeryoso naman sya!

Magagalit na naman ba sya?!

Bumuntong-hininga sya at salubong na naman ang kilay na tumingin sa malayo.

"Hindi ko maintindihan ang sarili ko kung bakit pumapayag akong gani-ganituhin mo dahil kung ibang tao yan.. matagal ng nakatikim sakin.." biglang usal nya at napalunok naman ako. **"Ikaw lang ang nakaganito sakin.."**

"A-Anong ganyan??"

"Ang lumapit lapit sakin.. umakbay-akbay sakin.. yumakap yakap sakin.. humawak hawak sa kamay---"

"Hoy!" sigaw ko sa kanya! **"Mamatay man ako ngayon.. i-ikaw ang unang humawak ng kamay ko at ikaw rin ang unang yumakap sakin!"**

Hindi sya nakapagsalita at inis na tumingin sakin!

"Oh!? Bakit?! Hindi ba?! Tch! Hindi ba't nung minsang harangin ako ng mga gangster e hinawakan mo ang kamay ko at niyakap mo ko nung huli?! Nakita pa nga tayo ni Choco!"

Hindi pa rin sya nagsalita!

"B-Baka may gusto ka na rin sakin??" pigil ang kilig na tanong ko.

"Ewan ko.."

Hindi ako nakasagot! Hindi ko inaasahan ang sagot nyang yun!

Ibig sabihin.. nalilito na rin sya??

"T-Taguro.." usal ko sa pangalan nya at bumuntong-hininga pa rin sya.

"Ayokong sabihing hindi.. pero mas ayaw kong sabihing, OO.."

"B-Bakit?"

"Dahil mahirap na.. Hindi ko ugaling magbitiw ng salita.."

"P-Pero.. h-hindi ba't mararamdaman mo naman yun? Kung gusto mo o hindi ang isang tao---"

"Oo nga pero hindi sa ganitong sitwasyon.."

"A-Anong ibig mong sabihin?" tanong ko at bumuntong-hininga na naman sya at saka tumingin ng deretso sakin.

"Kinausap ko ang sarili ko at pinag-isipan ko ng todo kung anong gagawin ko sayo.."

"A-Anong gagawin mo?"

"Naiinis ako sa mga pinaggagagawa mo pero.. hindi ako makapagbitiw ng salita para huminto ka na sa mga ginagawa mo dahil ayokong masaktan ka.." deretsang usal nya at nabigla naman ako. **"Hindi ko maintindihan ang sarili ko kung bakit masyado akong nag-iingat para hindi ka masaktan.. Tss.."**

"Nakakaloko.. parang tanga.." natatawa pa kunwaring usal nya at saka muling bumuntong-hininga. **"Sabi ko sa sarili ko ay tatanggapin ko na lang ang lahat ng mga ginagawa mo at tatandaan ko na lang ang lahat ng mga sinasabi mo sa ngayon.."** sabi nya at saka muling tumingin sakin. **"At pagbalik natin sa Laguna.. saka ko na lang ulit tatanongin ang sarili ko kung hanggang saan ka na ba talaga aabot sa buhay.. ko.."**

TUGUDUG!

TUGUDUG!

TUGUDUG!

TUGUDUG!*TUGUDUG!*TUGUDUG!

Unti-unti ay muling bumilis ang tibok ng puso ko!

Gusto kong tumalon sa saya pero ayokong sirain ang sandaling ito!

Kahit wala syang sinasabi ay pakiramdam ko napakalaki ng pag-asa kong sasagotin nya na ako!!!

Ayaw nyang masaktan ako? Hahahahahaha.. Pumapayag syang iparamdam ko sa kanya ang feelings ko? Bwahahahahahaha! Oh Taguro.. bakit ba ang lakas ng kutob kong sasagutin mo na ako???

Hahahahahahahahaha.. hinding hindi ka magsisisi Taguro.. dahil ipapakita ko na sayo ang future na hindi mo nakikita noon..

"Yeeeeeeeeeessssssss!!!!"

"Tss.."

Napapahiyang napatingin ako kay Taguro.

"Anong iniyeyes-yes mo dyan!?" taas-kilay na tanong nya.

"A-Anong yes?" tanong ko.

Naisigaw ko ba??

Bobo!

Badtrip!

Bumabalik na naman ang sakit kong yun!

"A-Ano na nga ba yung sinasabi mo??" pag-iiba ko sa usapan..

"Tss.. kung anu-ano kasing iniimagine mo e.."

"H-Hindi naman.." nakangusong sagot ko at hindi naman sya sumagot. Muli syang tumingin sa malayo kaya naman nakangiti akong tumitig ako sa kanya. **"Pero...."** nangingiti pang usal ko pero hindi sya lumingon. **"...hehehehehe.. I don't know why I have this feeling that you also have feelings for me.."**

Tumingin sya sakin!

"Pano mo nasabi?" tanong nya at ngumiti naman ako.

"Dahil sa mga ikinikilos mo rin.."

"Ano bang ikinikilos ko?"

"Na nag-aalala ka sakin.."

"Kahit sinong tao, pwede namang mag-alala sayo.. Masyado kang lapitin ng aksidente.."

"P-Pero iba pa rin yung pinapakita mo.."

"Bakit? May iba-iba bang level ang pag-aalala??" natatawa pa kunwaring tanong nya.

"Oo!" matikas na sagot ko! **"At pinakamataas ang sayo.. hehehehe.."**

"Tss.."

"Tch! Totoo! Kung alam mo lang kung gano kasaya yung naramdaman ko nung makita kong dumungaw ka sakin nung sumigaw

ako ng malakas kanina hehehehe.. Natatawa ako hindi dahil nakakatawa ka.. natatawa ako dahil wala ng mapaglagyan yung kilig ko hahahaha.. ang cute cute mo nun!"

Napatahimik ako nung makita kong inis syang tumingin sakin..

Natahimik kaming dalawa at sabay naming pinanood ang alon ng tubig.

"Hindi kita mamadaliing sagutin ako Taguro.. wag kang mag-alala---"

"Pero wag mo ko itulad kay Kim.."

"A-Anong kay Kim!?" gulat na tanong ko.

"Ayokong mag-isip ka ng kakaiba tulad ng paraan ng pag-iisip mo nung kayo pa---"

"Hindi naman naging kami!"

"Pero parati mong sinasabing *'parang kayo na rin naman*'.. Ayokong isipin mo yun sakin.. sa atin.."

"M-May tayo na ba??"

"Asa ka pa.."

"Tch!"

"Ang ibig kong sabihin ay wag mo itatatak sa isip mong *'parang tayo na rin'* naman!"

"A-Ahh hahahahaha.. a-akala ko sinasagot mo na ako e.. hehehehe.."

"Dahil ayaw kong umasa ka sakin tulad ng pag-asa mo noon kay Kim.."

"T-Taguro.. wag mo namang ikumpara ang sarili mo kay Kim---"

"I'm not.." mabils na sagot nya at saka tumingin sakin. **"Masyado akong malayo kay Kim.. she's perfect and I'm worst.."** nakangiting sagot nya. **"Umasa ka dahil pinaasa ka nya.. Sakin, wag ka ng umasa dahil wala kang aasahan.."**

Nalungkot akong bigla sa sinabi nya at pakiramdam ko ay bumagsak ang mga balikat ko..

"D-Don't worry.." nanlulumong usal ko saka pilit na ngumiti sa kanya. **"What you said is right.. Umasa ako kay Kim noon pero.. h-hindi ako magdadalawang isip na umasa rin sayo ngayon.. I don't care if in the end, I'll get hurt.. aasa pa rin ako.. Because my chances are based from what you're showing and not in what you're saying.."**

Pigil ang damdaming tinalikuran ko sya at saka iika-ikang naglakad papalayo sa kanya..

Dahan dahan akong napatingin sa kamay ko nung maramdaman kong hawakan nya yun..

Unti-unti kong iniangat ang paningin ko sa kanya at saka kami tumingin sa isa't isa..

"Ayokong umasa ka.." mahinang usal nya habang nakatingin sa mga mata ko. **"Dahil ang gusto ko.. maghintay ka.. kahit wala kang nakikitang pag-asa.."**

"T-Taguro.."

"Ayokong pilitin ang sarili kong gustohin ka.. dahil gusto ko 'tong magkusa.."

Napatungo ako at naghahalu-halo na naman ang emosyon ko..

Napatingin akong muli sa kanya at may namumuong luha na sa mga mata nya..

"Gusto kong kapag minahal na kita.. hindi mo na kailangang mag-effort pa.." nakangiting sabi nya. **"Hindi mo na kailangan sumunod sakin dahil isasama kita.. Hindi mo na kailangang magpatulong sakin dahil tutulungan kita.."** tumingin ako sa mga mata at kitang kita ko ang pagiging sincere nya!

Damn.. I want to hug her..

Taguro.. I want to kiss you..

Parang may bulak na kumikiliti at umiikot-ikot sa loob ng puso ko habang binabasa ko ang bibig nya.. gusto kong angkinin ang mga labi nya pero natatakot akong baka mabastos ko sya.. Para akong hinihigop ng labi nya kapag tinitignan ko yun..

"Gusto mong lumangoy?" biglang tanong nya at napatingin naman ulit ako sa mga mata nya.

"H-Ha?"

"Gusto mo ba kakong lumangoy.. sasamahan kita.." napapabuntong-hininga pang tanong nya at napangiti naman ako.

"Bakit?" nakangiting tanong ko.

"Anong bakit?"

"Kanina.. ayaw mong lumangoy kasi takot ka sa isda.. Ngayon naman, niyaya mo ko.. Bakit??" nakangiti pa ring tanong ko habang nakatingin sa mga mata nya.

"Dahil bisita kita.. gusto ko mag-enjoy ka.." seryoso pa ring sagot nya.

"Mas nag-eenjoy ako ngayon dahil solo kita.." bulong ko sa kanya. **"I want to make your fairy tales come true.."**

"I don't believe in fairy tales.." seryosong usal nya.

"Coz I've never seen a fairy yet.." nakangiting dagdag nya pa.

"Then live in reality and allow me create our own fairy tale.."

"Tss.." nakangiting singhal nya at saka tumingin ulit sa tubig. Huminga ako ng malalim at saka hinawakan ang mga kamay nya dahilan para lingunin nya akong muli.

"I'm so lucky.." mahinang usal ko habang pinagmamasdan ang kamay nya. **"Yung mahawakan ang kamay mo ng mas matagal pa sa isang segundo.. napakaswerte ko.."** nakangiti pang usal ko at saka tumingin sa mga mata nya. **"Hihintayin kita.. kahit ilang taon pa ang lumipas bago tayo makabalik ng Laguna.."** nakangiting sambit ko at natawa naman sya.

"Tss.." tatawa tawang singhal nya. **"Edi sinolo mo na ko ng todo nun dito?! Asa.."** natatawa pa ring dagdag nya.

"Hahahahaha.. taba talaga ng utak mo e no?"

"Ano pa nga ba?"

"Tch.. hambog.."

"Tara na.." yaya nya sakin at dun ko lang napansing hindi sya bumitiw sa kamay ko.

"Teka kukunin ko yung ve---"

"Ako na.. pilay.." pang-aasar nya at saka kinuha yung life vest namin.

"Tch.." singhal ko pero nakangiti pa ring pinanood sya.

Para na akong mamamatay ngayon Taguro.. hahahaha! Mamamatay na ako sa kilig!

Habang papalapit sya sakin ay hindi ko pa rin maiwasang hindi mapangiti habang nakatingin sa kanya..

"Bakit?" takang tanong nya.

"Sabi mo.. wag ko ugaliing titigan ang mukha mo dahil baka masaulo ko.. Tch! Hanggang ngayon hindi ko pa rin saulo! Gusto ko pa ring tignan ng tignan hanggang sa mabilang ko lahat ng black heads mo! Hehehehe."

"Tss.. ano bang sinasabi mo dyan?"

"Na gusto kong masaulo ang mukha mo.."

"Wag na.. mapanaginipan mo pa ako.."

Napaisip ako sa sinabi nya at saka ko naisip..

Bakit nga ba hindi ko na sya napapanaginipan ngayon?? Noon, parang bangungot sakin kapag sya ang laman ng panaginip ko.. pero bakit ngayong in love na ako sa kanya, hindi ko pa rin sya napapanaginipan..

"Sabi nila.. kapag nakita mo sa panaginip mo ang isang tao, kasalukuyan kang iniisip nung tao'ng yun.." dagdag nya pa habang isinusuot ang vest nya. Napahinto naman ako sa pagsuot ng akin.

"I-Ibig mong sabihin.. nung mga oras na napapanaginipan kita.. iniisip mo ko!?" tanong ko.

"Tss.. malay ko sayo.."

"Anong malay mo sakin!? Hahahahaha ibig sabihin.. iniisip mo talaga ako!"

"Bakit? Napanaginipan mo na ba ako??"

"Oo!"

"Kelan??"

"Noon! Nung hindi pa kita gusto.."

"Tss.. bangugot yun.."

"Hahahaha ganyang ganyan rin ang tingin ko noon don.. hahahaha.."

"Tss.."

"Pero ngayon.. para sakin hindi na bangungot yun.. Tadhana na yun hahahaha.."

"Ang korni mo.."

"Pero iniisip mo nga ako nung mga oras na yun??" nanunuksong tanong ko pa.

"Malay ko.."

"Pero naiisip mo ko noon?? Nung mga time na magkaaway pa tayo??"

"Oo naman.."

"T-Talaga?!" hindi makapaniwalang tanong ko.

"Mmm.." tatangu-tangong sagot nya at napangiti naman ako!

Iniisip nya rin ako! Hahahahahahaha!!! Iniisip nya rin ako.. haaaayy tsk tsk tsk..

"Iniisip ko kung ilang demonyo ba ang sumanib sayo at ginanon mo ko.."

"A-Ano?!" inis na tanong ko at natawa naman sya!

"Sige na.. sige na.. Tara na.. gumagabi na.. Wala ka ng makikita mamaya.." sabi nya pa at saka inabot ang mga snorkeling gears ko at isinuot ko naman isa-isa yun.

"Okay lang.. kasama naman kita e.. hehehehe.."

"Tss.. isda ang ipupunta mo don.. Hindi ako.."

"Oo nga, pero ikaw ang kasama mo.."

"Whatever.." singhal nya ba. **"Pano 'to?? Kakayanin mo ba 'tong mga flippers na 'to e me tama yang paa mo??"**

Napatingin ako don sa flippers at kinabahan ako bigla!

Pano ko nga ba maipapagpag ang paa ko e masakit yung isa!

"Tss.. utang na loob mo sakin 'to.. Dahil kahit na takot ako sa isda, sasamahan kita.." seryosong sumbat nya pa kaya naman nawala ako sa iniisip ko!

"Hahahahaha! Utang na loob mo rin sakin 'to dahil sa pagharap mo sa mga bagay na kinatatakutan mo e isang Deib Lohr Enrile ang kasama mo.. Tsk tsk.. sa daan daang babae'ng nangangarap sakin, isang cute mo lang ang nakapagpabaliw sakin.. Taguro.. Taguro.. Tagur---"

"Wag kang mag-alala dahil may nabaliw na rin naman sayo.."

"Huh? Sino!?"

"Si Ysay.. hahahahahahahhaha!!!" malakas ang tawang sagot nya!

Kinilabutan ako sa sinabi nya!

"Nakakadiri ka!" inis na sigaw ko sa kanya!

"Hahahahahahahahaha.. bakit?! Hindi ba?!" tumatawang tanong nya pa at hindi ko na magawang mainis! Hahaha!

Natutulala ako twing makikita ko syang tumatawa.. I'm in love..

"Ang cute mo'ng tumawa Taguro.."

"Talaga?"

"Mmm.. talagang talaga.."

"O sige, hindi mo na yan makikita.."

"Bakit!!!" inis na tanong ko.

"Cute pala e.. baka mabaliw ka.." nakangising sagot nya at saka inialok ang kamay sakin. **"Tara na.."**

"Tch! Ang yabang mong magyaya dyan.. baka mamaya umatras atras ka!" sigaw ko sa kanya! Napailing naman sya.. **"Hahahahaha.. ano!? Natatakot ka na?!"**

"Tss.. hindi naman ako sobrang takot sa isda tulad ng iniisip nyo.. Ayaw ko lang talaga nung dumidikit sila sakin, lalo na yung malalaki!"

"Nagawa mo na bang magsnorkeling noon?"

"Oo naman.."

"S-Sinong kasama mo?!"

"Bakit gusto mong malaman??" nakangising tanong nya.

Si Randall siguro..

Nanlulumong napabuntong-hininga ako.

"Si More.. sya ang nakasama ko.."

Hehehehehehehehehehehe...

Hindi ko maiwasang mapangiti..

"Tss.. seloso.." pang-aasar nya pa at saka pumwesto sa hagdan ng yate at nilingon ako. **"Ano ba?! Kikiligin ka na lang ba dyan?! Baka gusto mong kumilos?? Gumagabi na oh!"**

Ang yabang talaga nitong Taguro'ng 'to!

"E kung tinutulungan mo kaya akong tumayo!?" inis na tanong ko.

"Hanep ka rin naman talaga, ano!? Ako ang nililigawan mo, baka nakakalimutan mo?!"

"O-Oo nga pero.. m-masakit yung paa ko e.."

"Bahala ka sa buh---"

"Eto na nga e.. hehehehehe.." natatawang sagot ko agad at saka pilit na tumayo!

Masakit na masyado pero titiisin ko.. makalapit lang sayo hehehehehe!

Nung tuluyan akong makalapit sa kanya ay agad nyang inialok ang kamay nya sakin.

"Wag kang bibitiw.." mahinang usal nya at napangiti naman ako.

"Hahawakan mo ang kamay ko kahit nasa malalim na tayo??" nakangiting tanong ko.

"Tss.. malamang! Alangang salubungin ko yung mga isda?! Engot.."

Ang sweet sweet nya talaga..

"Bilis.. anong oras na oh.."

"Nasan ba sila??" tanong kong sumilip pa sa dagat.

"Ayun lang sa banda ron.." turo nya sa mismong malapit lang sa yate.

Agad naman kaming bumaba at pigil ko talaga ang sakit ng isang paa ko!

Ayokong maging pabigat kay Taguro kahit papano kaya naman pinipilit ko talagang itungkod yun para makababa ako!

Nakahinga lang ako ng maluwang nung tuluyan na kaming makalusong sa tubig.

"Okay ka lang ba?" tanong nya.

"O-Oo naman.." pagsisinungaling ko.

"Wag mo na lang masyadong iflip ang paa mo para hindi sumakit ng sumakit.."

"Yes bosssss!!!" malakas na sagot ko na sumaludo pa.

"In the count of three.. sabay tayong lulubog.."

"Sige.." nakangiting sagot ko.

"Isuot mo na yung goggles mo.." sabi nya at sinuot yung kanya. **"One.. Two.. Three.."**

Sabay kaming lumubog..

Nakangiti agad ako nung magtama ang paningin namin sa ilalim ng dagat!

Gusto ko syang yakapin dahil nakangiti rin sya sakin!

Nakahawak sya sa kamay ko habang sabay naming nilalangoy papalapit sa mga isda..

Hindi man magkalapat isa-isa ang mga daliri namin ay masaya na rin ako sa paraan ng paghawak nya..

Sadyang hinahawakan nya lang talaga siguro ang kamay ko para alalayan ako..

Gayunpaman ay masaya pa rin ako hehehehehe!

Kasi alam kong.. sa ngayon ay sakin mo lang ginagawa 'to.. Alam kong bukod sakin ay wala kang ginagawan ng ganito..

A broken heart is difficult to reach, Taguro.. But how did you reached mine??

Nangingiti akong ibinaling na lang sa mga maliliit na isdang sumasalubong samin ang paningin ko..

Magkahawak pa rin ang mga kamay namin habang lumalangoy..

Masaya naming sinalubong ang mga isda.. Bakas ang takot sa itsura ni Taguro sa twing may makikita syang malaking isda pero halata ring ayaw nyang ipakita sakin.. Halata sa kanyang pilit nya lang ginagawang matapang ang sarili nya..

Kaya naman sa twing may makikita akong papalapit na isda ay hinihili ko ang kamay nya para naman mas mapalapit sya sakin at ako ang sumalubong sa malalaking isda..

Mabilis na tumakbo ang oras at nung makita naming papalapit na samin sila Parrot ay umahon na rin kami..

"Akala ko ba ay hindi kayo sasama ha?!" nanunukso munit taas ang kilay na tanong ni Parrot samin!

"E si Taguro e.. pinilit ako.. hahahahahahaha!" mayabang na sagot ko at tumingin naman sya kay Taguro!

"Bakit? Palag??" mayabang na tanong ni Taguro sa kanya at saka nanunuksong tumingin palipat-lipat si Parrot samin!

"Kayo ah!!!"

Thank you Parrot..

"Tss.."

"Ikaw Maxpein ah! Meron kang hindi sinasabi sakin!" nagtatampo kunwaring sigaw sa kanya ni Parrot!

"Talaga??" pang-aasar ni Taguro sa kanya.

"I hate you!"

"Tss.. para kang bata.. Tara na, dumidilim na.."

"Umakyat na mga kapatid mo'ng napagkagegentleman!" sigaw ni Parrot at saka nagpaumuna sakin munit bago pa man sya umakyat ay hinubad nya ang mga flippers nya at saka dinuro kami! **"Kapag kayo'ng dalawa ay naglihim sakin.. isinusumpa ko.. hinding hindi ako aattend sa kasal nyo!"**

WTF???

"Bwahahahahahahahahahaha!" sabay kaming natawa ni Taguro sa kanya!

"Oo sige! Huh!!! Pagtawanan nyo ko! Malaking kakulangan ang hindi ko pag-attend sa kasal nyo pag nagkataon dahil kalahati ng Cebu ay pag-aari ko! Hindi kayo makakatungtong sa Cebu!"

"Sinong tinakot mo.." nakangusong pang-aasar sa kanya ni Taguro. **"Akyat na, bilis!"**

"Huhuhuhu.. I really hate you, Maxpein.. I hate you both!" sigaw nya at saka parang bata'ng umiiyak kunwaring umakyat.

"Ang lakas ng topak nun.." natatawang bulong ko kay Taguro.

"Naiinggit lang yun.."

"Hahahahahahahaha.. naiinggit sayo??"

"Naiinggit sayo.."

"Sakin?! Bakit sakin!?"

"Kasi wala syang tulad mo.."

Bwahahahahahahahahahaha! LUNURIN AKO NGAYON NA!!!!!

"Tara na.. madilim na.. Malayo pa ang byahe natin.."

"Mmm.." nakangiting sagot ko sa kanya. **"M-Mauna ka ng umakyat.."**

"Sige.. tutulungan kita pagdating ko sa taas.."

"S-Sige.." nakangiting sagot ko pa at saka pinanood syang umakyat..

Now I have to face my fears!

Sobrang sakit na ng paa ko at pakiramdam ko ay mas lalong sumakit ito!

Dahan dahan kong inihakbang ang isang paa ko paakyat kasunod ang masakit kong paa!

Pero....

Pucha ang sakit talaga!

"Okay ka lang ba??"

Tumingala ako at nakita ko si Maxwell!

Mabilis syang bumaba at inialok ang kamay nya kaya naman mabilis akong inabot yun!

"Kumapit kang mabuti.. hihilahin kita pataas.."

"M-Mmm.." tango ko at ginawa nya nga yun!

A-Araaaayyy!!!!

Pigil ang sigaw ko dahil ayokong may makarinig na nasasaktan talaga ako!

Ayokong mag-alala si Taguro.. dahil okay lang naman ako..

Nung tuluyan akong makaakyat ay pabagsak kong iniupo ang sarili ko sa pinakamalapit na bench at eksaktong humarap samin si Taguro. Nagtataka syang pinagmasdan ako habang hinuhubad ang snorkeling gears nya.

Sana wag nyang mapansin ang paa ko..

Tinapos nya ang ginagawa nya at saka lumapit sakin..

"Oh iho.. ayos ka lang ba??" biglang singit ni Mang Pitong dahilan para hindi makapagsalita si Taguro.

"O-Opo.." pagsisinungaling ko.

"Ahh.. akala ko naman ay kung anong nangyari sa iyo.. Ilang oras pa ang byahe natin pabalik.. Itinawag ko na sa restaurant na paparating na tayo.. Malamang ay gutom na kayo kaya maigi ng may makakain na pagbalik doon.. Ipapahatid ko na lamang sa kwarto nyo ang kakainin nyo.."

"Thanks for today Mang Pitong.." nakangiting sagot ni Taguro sa kanya.

"Ahh hahahaha.. wala naman sakin iyon.. Kinausap ako ng Lolo nyo tungkol dito at gusto ko rin namang gawin 'to para sa inyo.. Maganda masyado ang Palawan kaya naman nakakapanghinayang kung hindi nyo makikita.."

"Makakarating kay Chairman ang pag-aasikaso nyo samin Maman.." si Maxwell.

"Hahahahaha, aba'y hindi na.. Kilala naman ako ng Lolo nyo at alam nya ang ugali ko.. Hindi ko kayo pababayaan.."

"Salamat Maman.."

"Wala naman iyon, bagay.."

"Bukas.." biglang sabat ulit ni Taguro. **"Gusto kong makita yung mga lugar malapit sa Resort.. Pwede nyo ho ba akong igala doon??"**

"Oo naman.."

"Sa lugar kung saan sila madalas pumunta.."

Nakangiti munit nagulat si Mang Pitong sa sinabi ni Taguro! Nakangiti munit seryoso rin si Taguro! Taka naman tumingin si Maxwell sa kanila pero parang silang dalawa lang ang nagkaintindihan!

"Saan yan!?? Sama akooooo!!!" biglang singit ni Parrot dahilan para mawala ang naiilang na tingin ni Mang Pitong kay Taguro.

"A-Ahh hahahahaha.. doon lamang sa lugar natin kanina iha.." sagot ni Mang Pitong sa kanya.

"Yiiieee oo sige, Mang Peyts!! Gusto ko ring makita yung doon mismo sa resort nila Max! Maganda don! Napakaganda doon!"

"Oo naman.. bukas na bukas ay dadalin ko kayo don.."

"Oo nga po, bukas po kasi ay uuwi na kami.."

"Alam ko namang babalik pa kayo dito.."

"Panigurado po yan hehehehe!"

"O sya sya.. may mga roba dyan sa baba, sige na't kumuha na kayoa at malamig.. Aba'y hindi pala kayo nagsipagdala ng pamalit ninyo.."

"A-Ano po bang roba Mang Peyts?!" tanong ni Parro sa kanya.

"Hahahahaha! Iyong bathrobe ba?? Yun lamang kasi ang meron dyan sa baba.. maaari kayong kumuha.. Mahigit sa lima ang mga yun alam ko.. Ako naman ay may dalang pamalit kaya nga eto't bihis na ako oh.." turo nya pa sa bagong palit na damit.

"Ah sige sige.. bababa po muna kami.."

"O sya sige.." sabi ni Mang Peyts at saka bumalik sa pwesto ng makina. Sila Maxwell, Maxrill at Parrot naman ay bumaba para pumunta sa kwarto ng yate.

Kaya naman napatingin ako kay Taguro at laking gulat ko nung makitang nakatingin na sya sakin!

Bakit ganyan ka makatingin!?

Blangko ang mukha nya habang nakatingin sakin!

Dahilan na naman para mapaisip ako kung ano kayang iniisip nya!

Kung bakit sya nakatingin sakin!

Agad naman akong kinabahan kahit na wala naman akong dapat na ipag-alala..

Dahan dahan syang naupo sa harap ko na bahagya pang itinukod ang isang tuhod nya sa lapag.

"Okay ka lang ba??" bakas ang pag-aalalang tanong nya.

Hindi.. masakit yung paa ko, sobra..

"O-Okay lang ako.." nakangiting pagsisinungaling ko.

"Masakit ba yung paa mo?"

"Hindi.. hehehehe.. Ayos lang.." nakangiti pa ring sagot ko at saka mabilis kunwaring tumayo! Munit ang totoo ay iniinda ko ang sakit habang hinuhubad ko ng mabilis ang flippers at mabilis na isuot ang sapatos ko!

Mabilis naman ring nakaakyat pabalik samin sina Parrot kaya naman nawala na sakin ang atensyon ni Taguro.

NAIH'S POV

Kumuha kami nina Maxwell at Maxrill ng kanya kanyang bathroba na *ROBA* daw ayon ke Mang Peyts hehehehehe..

"Oh.. kukunin ko ang dalawang 'to para dun sa love birds.." sabi ko pa.

"Sinong love birds?!" takang tanong ni Maxrill.

Slow talaga 'tong bata'ng 'to.. Kung anong talino ng mga kapatid nya, sya namang engot nya!

"Sino pa?! Edi yung dalawa pa sa taas!"

"Sila Deib at Noona??"

"Malamang!"

Grrrrr! Kung hindi ka lang talaga pogi!

"Sila na ba??" tanong pa ni Maxrill.

"Hindi pa!"

"E bakit love birds??"

"Hahahahaha.. Maxrill.. wag mo syang kulitin.." singit ni Maxwell!

Thank God!

"I'm just asking her.." seryosong sagot ni Maxrill sa kanya.

"She's just joking, okay?"

"Arasseo.. Psh.." nakangusong sagot nya pa.

Pero hindi ko talaga akalaing magiging ganon ang treatment ni Max kay Sensui..

Una ay yung kagabi! Kitang kita ko kung paanong inalalayan ni Max si Sensui nung papasok sila sa Restaurant! Nakita naming lahat yun pero

parang wala syang pakialam!

Pangalawa ay yung kaninang umaga.. Hindi nakatikim si Sensui ng flying kick nya samantalang ginagawa nya talaga yun kapag sapilitang ginising nya sa araw na alam naman nyang walang pasok!

Pangatlo ay yung nagyakap sila kanina sa dagat! Hindi ko alam kung paanong pumayag si Max na gawin sa kanya yun ni Sensui!

Kung ako ang tatanongin.. kapag may lalaking yumakap kay Max, kahit kilala nya pa 'to basta hindi nya gusto.. iikot at iikot ang paningin nung lalaking yun sa hilo!

Pang-apat ay yung pagsama nya kahit na tumanggi na sya ng una dahil ayaw nyang sumama!

Pinilit lang sya ni Sensui at drinamahan ng konti.. pumayag na sya?! WTF???

Panglima ay yung nakita kong mabilis na pagtakbo nya papalapit kay Sensui nung marinig nya 'tong sumigaw!

Ang kilala kong Maxpein, ay walang pakialam sa paligid nya! Humingi ka man ng saklolo dyan, kapag hindi ka nya trip tulungan.. wala syang pakelam!!!!

Pang-anim ay etong ngayon lang.. sinamahan nyang magsnorkeling si Sensui kahit na takot sya sa isda!

Oh baka naman hindi talaga sya takot at nag-iinarte lang?!

Pero hindi e!

Meron talaga syang hindi sinasabi sakin!

"Hey.."

Mabilis akong napalingon kay Maxwell nung bahagya nya pa akong kulbitin!

"H-Ha??"

"Sabi ko.. umakyat ka na.."

"A-Ahh hahaha.. o-oo.." napapahiyang sagot ko at saka iiling-iling na umakyat.

Nung makita ko sila Max at Sensui ay mabilis akong napangiti..

Ganyan nga Max.. ganyan nga..

"Here.. use this.. its getting cold.." dinig kong sabi ni Maxwell na iniabot na ang mga bathrobe sa kanilang dalawa munit hindi ko pa rin maiwasang mapaisip dahil sa pagkamangha ko sa kanilang dalawa.

May isa ka talagang salita Max.. kaya mahal na mahal kita bilang kaibigan e hehehehe.. Sana nga hindi mo masaktan si Sensui.. kasi kawawa

naman sya..

At saka naman ako tumingin kay Sensui.

Ipakita mo lang ang tunay na nararamdaman mo.. sa ganong paraan, mahihirapan syang ilayo ang loob sayo.. Yun ang kahinaan ni Taguro, Sensui.. kapag nakikita nyang sincere ka sa mga sinasabi mo.. Hehehehe.. Goodluck sayo pre at talaga namang susuportahan kita dyan hehehehe..

Sana nandito rin si Lee..'

Nanlulumong lumapit ako sa kanila..

"Sana may kape.." nakangusong sabi ko at saka humiga sa gitna ng yate.

"Pagdating natin sa Hotel, maraming coffee.." si Maxrill.

"Mmm.."

"Matagal tagal pa ang byahe natin.. why don't we play a game??" si Maxwell.

Napabalikwas ako ng bangon at saka tumingin sa kanya!

"Sige! Anong game!?" excited na tanong ko!

"Truth or dare!" nakangising sagot nya at parang naintindihan ko naman ang ngiting yun!

"Kol! Hahahahaha! Sali ako dyan! Sali ako!"

"Ako rin.." si Maxrill.

At umupo rin sina Maxwell at Maxrill sa harap ko at saka kami sabay sabay na lumingon dun sa dalawa.

"Hindi ba kayo sasali??" nakangiting tanong ni Maxwell sa kanila.

"Hindi.." rekta'ng sagot ni Max!

"Sali na kayo, Noona.." pilit ni Maxrill.

"Hindi ako interesado.."

"Wag ka ng KJ, Max! Sumali ka na!" yaya ko pa!

"Tss.."

"Sali tayo, Taguro.." yaya rin ni Sensui sa kanya at napangisi naman ako.

"Ayoko.."

"Para hindi natin mapansin ang oras habang naglalaro tayo, tara na.."

"Ayoko nga.."

"Sige na.." parang bata'ng pakiusap ni Sensui sa kanya at tinignan naman sya ng masama ni Max!!! **"Please??"**

"Tss.." nakasimangot na singhal ni Max at laking gulat ko nung kusa syang maupo sa tabi ko!

OMG! This can't be happening!!!

Hindi ko talaga maiwasang mapanganga dahil sa ginawa nya!

Paanong nangyaring napapasunod nya si Maxpein sa mga gusto nya?!

Don't tell me... m-may gusto na rin sya kay Sensui!?

Napanganga ako habang nakaturo sa kanya kaya naman nagulat si Max sa iniasta ko!

"Para kang tanga.." pormal na sabi nya pa sakin!

"M-May naalala lang.." napapahiyang sagot ko!

Tumayo ako at kumuha ng bote sa baba, maya maya pa ay bumalik ako sa kanila at saka nakangiting nagtanong.

"Sinong unang mag-i-spin??" tanong ko.

"Ikaw.." sagot ni Max!

"Bakit ako!?"

"Ikaw nakaisip nito e.."

"A-Anong ako!? Si Maxwell kaya!"

"Edi sya mauna.."

"Psh!" nakanguso'ng iniabot ko kay Maxwell ang bote!

"Tsh.. para spin lang natatakot na kayo? Hehehehe.." biglang sagot ni Maxwell at iniikot ang bote na agad namang tumutok kay Maxrill!

"Dongsaeng.." usal ni Maxwell na nakangisi na sa nakangusong si Maxrill.

"What!"

"Hahahahaha.. calm down.. Truth or dare??"

"Consequence!"

"Eh!?"

"Dare!"

"Hahahahaha---"

"Aniya.. Aniya! Truth.." biglang bawi ni Maxrill!

"Wala!!" sigaw ko! **"Dare una mong pinili e!"**

"I want truth! Hindi nyo pa naman nasabi ang dare!"

"Fine! Psh!" nakangusong sagot ko at saka naman sya bumaling ulit kay Maxwell!

"Who's your favorite?? Me or Maxpein.."

"You.."

"Hahahahahahah!!!" tumawa kaming dalawa ni Maxwell! At dinig ko namang bumungisngis rin si Sensui at nakanguso naman si Max!

"Why??"

"Because you're nicer than her.. Maxpein-Noona is silent but explosive at the same time.. she gets really mad when she's mad.. Masungit sya at madalas na hindi nagsasalita kaya laging hindi ko alam ang inisiip nya.." nakangusong sagot ni Maxrill. **"But she always takes care of me though.. hehehehehehe.."**

"Tss.."

"Good.." sabi ni Maxwell. **"Next.."** at in-spin muli ang bottle na tumapat rin sa kanya!

"Hahahahahahahha!!!" nakaturong tawa ko sa kanya! **"Ako ang magtatanong!"**

"Tsh.." singhal nya.

"Truth or dare?!"

"Truth!" inis na sagot nya at nginisian ko naman sya!

"Who's your first love!?" nakangising tanong ko.

Hindi sya agad nakasagot!

"Who's your first love!!" ulit ko.

"S-Si D-Dein."

WTF???

Gulat akong napatingin sa kanya at iniiwas naman agad nya ang paningin nya!

"W-What?!" gulat na tanong ko!

"Tsh.." singhal nya.

"Seryoso!?" tanong ko ulit at tumango sya! **"S-Si D-Dein na kapatid nito?!"** turo ko kay Sensui at tumango naman agad sya! **"B-Bakit?!"**

"Tsh! Anong bakit?!"

"Bakit si Dein!?"

"I don't know.."

"Psh.." singhal ko at natawa naman sya.

"Shut up Zarnaih.. Deib's here.. its awkward.."

"Fine!" singhal ko at muli naman nyang in-spin ang bottle na tumapat agad sakin!

Fvck!!!!

"Your turn.." nakangising pang-aasar ni Maxwell!

"Ako magtatanong.."

Bigla akong napatinign kay Max!!!

TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!

"Truth? Or Dare?" nakangisi munit seryosong tanong sakin ni Max!

"Dare.." sagot ko.

"Kumanta ka sa harap ko.."

"Yun lang pala e!" mayabang na sagot ko!

"Habang tumatambling.."

"M-Max naman.."

"I'm serious.. its a dare.."

Bastos na 'to!

"Anong kanta!" inis na sigaw ko sa kanya.

"Anything.."

Inis akong tumayo na inayos pa ang bathrobe ko at saka nag-isip..

Anong kakantahin ko!?

"Faster.." naiinip kunwaring pang-aasar pa ni Max!

"Teka naman!"

"We're waiting.."

"Psh! Buset!" inis na singhal ko at saka umubo ng bahagya. **"E-Ehem.. Ehermm.."** tumayo ako ng ayos sa harap nila at saka kumanta. **"T-There's somethin' that.. I've got to say.. You're always with me.. Even though, you're far away.. Talkin to you on my cell.. Just the sound of your voice.. Makes my heart melt.. Oh boy, well it's true! I'm all about you.. I'm all about us.. No, baby, you never have.. To question my love.. And every night.. There's a new crowd.. But it's always you.. That I'm singing about.. There is only one these words.. Are going out to.. Oh boy, I-I'm all about y-you..."**

Nakaramdam ako ng inis nung pumasok sa isip ko si Lee!

Siguro.. si Ate ang iniisip nya ngayon.. Psh!

"T-Tama na yun!" inis na sabi ko habang naghahabol ng hininga at naupo!

SONG TITLE: All about You by Aaron Carter

Parang wala namang interes na tumingin sakin si Maxpein!

"W-What!?" inis na tanong ko.

"Para kanino naman yung kanta mo??"

"A-Anong---W-Wala! Ano ka ba!" iiling-iling na sagot ko sa kanya! **"G-Ginawa ko na yung dare ko at w-wala kang karapatang**

magtanong!" nakangusong sagot ko! **"A-Akina na nga yang bote'ng yan at ako na mag-iikot---"**

"Ako na.. para fair.." nakangising tanggit ni Maxwell!

Inikot nya muli ang bote at muli itong tumama sa kanya!

"Bwahahahahahaahaha!" malakas na tawa ko!

"Tsh! May daya yata 'tong bote'ng 'to e!" inis na sigaw ni Maxwell! **"Truth!"**

"Hehehehe.. ako magtatanong ah!?" nakangising sabi ko. **"Hanggang ngayon ba.. may feelings ka pa rin kay Dein??"** biglang seryosong tanong ko.

"W-Wala na.."

"Weeeehhh???"

"Tsh.."

"Yung totoo.."

"M-Meron pa.. pero hindi na tulad ng dati.."

"Psh.. magkapatid nga kayo.." bulong ko pa na tinignan silang dalawa ni Max!

Muling inikot ni Maxwell ang bote at...

"Bwahahahahahahaha!!!" malakas na tawa ko habang nakaturo sa mukha ni Sensui at inis naman syang tumingin sakin! **"Truth? Or dare!!"** hamon ko sa kanya!

"Truth!" confident na sagot nya!

"Are you in love with Maxpein Zin del Valle!?"

"H-Ha??"

"Woooaaahh!! Kunwing hindi narinig! Maang-maangan hahahaha!!!" natatawang turo ko pa sa kanya at saka muling nagsalita! **"Are you in love with Maxpein already?!"**

"Y-Yes.."

Napanganga na naman ako sa sagot nyang yun!!!

Napangiti ako at parang baliw na nagpalipat lipat ng tingin sa kanilang dalawa ni Max!!!

"Yaaaaaa!!! Hahahahahahaha! Kinikilig ako!!!" malakas na sigaw ko! **"Pano!?!?"** usisa ko.

"A-Anong pano!?"

"Pano ka nainlove sa kanya?!"

"H-Ha??"

"Ano ka ba! Wala ka ba sa ulirat?! Ilang beses ko ba uulitin ang tanong ko!?" inis na tanong ko sa kanya! **"Pano ka kako nainlove kay Taguro!"**

"A-Ahh hehehehe.. h-hindi ko rin alam e.."

"Pwede ba yun?!"

"M-Mmm.. E sa hindi ko alam, anong magagawa ko!? Tch!"

"Imposible!"

"Kahit na isang dahilan wala ka?! Inaway-away mo si Max.. kung anu-anong ginawa mo sa kanya.. Ako na nga mismo ang may gustong umalis kami sa school na yun dahil ginawa mong impyerno ang buhay-estudyante namin! Paanong nangyaring ang isang abnoy na Deib Enrile at nainlove sa astig na Maxpein del Valle?! Come on.. don't be coward.. Answer me beybeh!! Yeah!"

"M-May mga bagay syang g-ginawa sakin na m-maski na sinong babae.. hindi pa nagagawa sakin.."

"Tulad ng!?"

"Sapakin ako.."

"Hahahahaha! Ano pa?!"

"Iligtas ako sa masasamang tao.."

"Ano pa?!"

"Pakiligin ako.."

"Ano pa!?"

"A-Ang dami mo namang tanong!" inis na sigaw nya! **"N-Nahihiya na ako e!"**

"Hahahahahaha! May pahalik halik ka na nga sa noo e, ngayon ka pa nahiya?! Bakit?! Wag mo sabihing hindi pa alam ni Max yang mga pinagsasasabi mo!? Hahahahahaha!"

"S-Shut up.." nakangusong usal nya.

"Awkiieee.. I'll shut up! Hahahahaha! Spin the botlle Maxwell!" utos ko at ginawa nga nya! Kamalas malasang sakin na naman huminto!

"Truth!" inis agad na sigaw ko dahil alam kong kapag nag-dare ako, hahardcore-in na naman ako ni Taguro!

Peste huhuhuhu..

"Para kanino yung kanta kanina?"

Agad kong nilingon si Sensui dahil sa tanong nya at gulat naman akong makitang nakangisi pa sya!

"Ako naman ang magtatanong ngayon hahahaha.. Para kanino yung kanta kanina?!" ulit ni Sensui!

Damn it!

"Sagot.." naghahamong pang-aasar pa ni Maxwell!

"Go, Zarnaih-Noona!!" pang-iinis rin ni Maxrill!

I'm busted!

"Para kanino, Parrot!?" si Sensui!

"P-Para k-kay..."

"Kay???" si Sensui..

"K-Kay..."

"Kay!?"

"K-Kay L-L-L-Lee.." sa wakas nasambit ko. Nangatal ang buong katawan ko at sobrang kaba ang naramdaman ko!

"Waaaaaaaaaaaaaaaaaaa!!!" malakas na sigaw ko bigla at nagulat naman sila! Tumayo ako at umikot-ikot sa buong yateeee!!! **"Huhuhuhu parang awa nyo na wag nyong sasabihin! Wag nyong sasabihin! Wag nyong sasabiheeeeeeeeen!!!"** malakas na atungal ko at nagulat lalo sila! **"Huhuhuhuhu.. kapag 'to nakarating sa kanya isinusumpa ko.. hinding hindi kayo magiging masaya!! Huhuhuhuhu!!!"**

"Hahahahahahahahahahaha!!!" malakas na tawanan nila Sensui at Maxwell! **"Hahahahahahahahahahahah!!!"**

"Ang cute mo, Naih.." pang-aasar pa ni Maxwell sakin! **"Ibig mong sabihin hindi alam ni Lee na may gusto ka sa kanya?!"**

"H-Hindi.."

"Pano nangyari yun?!"

"A-Anong panong nangyari yun!?" inis na tanong ko kay Maxwell!

"Si Lee yung kaibigan ni Deib, di ba?!" tanong nya at tumango naman kami ni Sensui! **"Panong nangyaring hindi nya alam na may gusto ka sa kanya!?"**

"At bakit?!" taas-kilay na tanong ko!

"E obvious ka kaya! Bwahahahahahahaha!!"

"A-Ano?!" gulat na tanong ko!

"Kahit ako.. kahit hindi mo sabihin, napapansin ko hahaha! Kakaiba kang tumingin sa kanya at sa twing kakausapin ka nya ay nagagalit ka sa kanya kahit wala naman syang ginagawa sayo! Halatang halata ka hahahaha!"

Kill me now..

"Hahahahahhahahaha!!"

That is not true.. Kill me nowwwwwwwww!!!!!

Totoo ba ang sinasabi nila?!

Kabadong inalala ko ang lahat ng mga eksena namin ni Lee!

Halata ba talaga ako?!

"Hahahahhahahahahahaha!"

Pero pano!?

Kapag nagkataong halata nga ako.. nahalata kaya nya?!

Pano kung oo?????

Waaaaaaaaaaaaa!!!!

Nakakahiyaaaa!!!!

"Hahahahahahahahahahha!!!" malakas na tawa pa rin nila at inis naman akong tinignan sila!

"E-Eh ano naman k-kung halata ako?! H-Hindi ko naman sya i-inaano ah!?" inis na sabat ko!

"Don't worry.. hindi naman na namin kailangang sabihin hehehehe.." pang-aasar sakin ni Sensui at sinipa ko naman sya!

"A-Araaaaaay!!!"

"A-Ay s-sorry.. p-pilantod ka nga pala.. Sorry!"

"Tch! A-Alis nga dyan! Sadista ka e!"

"Sorry Sensui!"

"Ayaw ni Lee ng ganyan!"

"W-Wag ka ngang OA! Hindi ko naman sinasadya e! Nagsosorry na nga e!"

"Hahahahaha! Biro lang.. Pero ssshhhkk.. masakit talaga!"

"Sorry na nga sabi e!"

"Oo na! Nasipa mo na e! May magagawa pa ba naman ako!"

"Heheheheheheh! Peace!" pang-aasar ko sa kanya.

Mabilis na inikot muli ni Maxwell ang bote at ang pinakahihintay naming lahat..

IT'S MAXPEIN'S TURN!!!

'Bwa! Ha! Ha! Ha! Ha! Ha! Ha! Bwa! Ha! Ha! Ha! Ha! Ha! Ha! Bwa! Ha! Ha! Ha! Ha! Ha! Ha!

"Pano ba yan, Max?!" mayabang na tanong ko na kunwaring kinakalikot ang kuko at saka tumingin sa kanya pero blangko ang mukha nya.

Hindi man lang kinabahan ang peste!

Akala ko pa naman aayaw na agad sya once na huminto ang bote sa kanya!

Taas-kilay na sinipat ko si Maxpein at nakangiting naman sya sakin!

Meron ka talagang hindi sinasabi sakin e.. dati rati, kapag naglalaro tayo ng ganito ay umaayaw ka agad kapag tumapat na sayo yung bote.. pero bakit ngayon?? Parang naghihintay ka pa ng tanong?!

Nanlilisik ang mga matang tinitigan ko pa sya..

Humanda ka sakin ngayon hehehehehehehe..

"Ako magtatanong.."

Gulat akong napalingon kay Sensui ng sabihin nya ang huling linyang yun!

"A-Ako nga sana magtatanong e!" nakasimangot na sigaw ko kay Sensui!

"Sya na.." nanunuksong sabi naman ni Maxwell at tinanguan naman ako ng sunod sunod ni Maxrill na mukhang payag ring si Sensui ang magtanong kay Maxpein!

Sabay sabay kaming pinagmasdan si Maxpein na dahan dahang lumingon sa katabi nyang si Sensui.

"What??" maangas munit seryosong tanong ni Max kay Sensui.

"Truth.. or Dare?" nakangiti munit seryosong tanong naman ni Sensui sa kanya!

Yiiiiieee!! Nakakakilig sila hahahahaha!!

Makikita mo sa mga mata nila na talagang kumportable na talaga sila sa isa't-isa!

Nawala ang dating nagliliyabang mga mata nila twing magkikita sila!

Naging sweet ang tono ng pananalita ni Sensui kay Max at naging kalmado naman ang ugali ni Max pagdating kay Sensui!

Ibang-iba talaga!

Nakangiting pinanood ko sila!

"Truth.." sagot ni Max at mas uminit ang excitement sa pagitan nila!

"Kyiiiieeee.." pigil ang kilig na ngiwi ko sa kanila habang nakangiti!

"May chance ba ako sayo??" nakangiting tanong ni Sensui sa kanya at nananatili silang nakatingin sa mata ng isa't isa!

Waaaa!!! Mamamatay na ako sa kilig hehehehehehehehe!!! Ang swerte nitong mokong na Maxpein na 'to!

Gwapo si Sensui!

Gwapo'ng gwapo!

Kaya naman kahit sino.. talagang mamamatay kapag tinanggihan 'to!

Kung tutuusin ay hindi naman sing gaganda nila Kim, Abby, Aimee, Dein, Keziah, Michiko, AKO at kung sinu-sinong mga babae dyan si Max.. Kung ilelevel ang ganda naming lahat sa kanya, sya ang pinaka-*LEAST*!

Pero.. Kahit pagsamasamahin ang ganda namin lahat.. Hinding hindi namin matutumbasan yung *LAKAS NG DATING NYA*! Tahimik.. Maangas.. Misteryosa.. Interesante.. Nakakamangha.. Nakakabilib.. At higit sa lahat..

MAYABANG!

Hehehehehehehe..

Masyadong maraming bagay na pwedeng maging dahilan para mainlove ang isang lalaki sa kanya.. Mabait sya at walang hihigit pa sa kabaitan nya.. Matulungin at.. Maasahan.. dahil kapag kinailangan mo talaga ang tulong nya ay hinding hindi sya magdadalawang-isip na puntahan ka.. Tunay na kaibigan.. Dahil hindi man nya ako itinuturing na *BESTFRIEND* nya.. ipinaparamdaman nya naman saking ako ang pinaka-dabest na kaibigan nya!

"Hoy Taguro.. tinatanong kita.." pangungulit ni Sensui sa kanya!

"H-Huy Max.. laro 'to.. Sumagot ka.. wag kang madaya.." pangungulit ko pa.

"May chance ba kako ako sayo?!" ulit ni Sensui sa tanong nya.

"Anong chance ba?"

WTF???

"Hahahahahah! Chance na sagutin ako.. mahalin ako?"

"Meron naman.."

OMG!!!!

"S-Seryoso ka?!"

"Tss.. sinagot ka na't lahat nangungumpirma ka pa!?" inis na sigaw ni Max sa kanya!

Yan.. sa ugali na yan.. yan ang dahilan kung bakit lagi syang napapaaway!

"H-Hehehehehe.. n-nabigla lang.. Hindi ako makapaniwala.."

"Tss.."

Ngumiti ng malaki si Sensui sa kanya at inirapan naman sya ni Taguro at saka bumaling kay Maxwell.

"Ikutin mo na.." utos nya pa dito. Mabilis na namang inikot ni Maxwell ang bote at huminto kay Sensui!

Exciting 'to hehehehehehe!

"Ako ang magtatanong!!!" malakas na sigaw ko na nakataas pa ang isang kamay! Lumingon namang silang lahat sakin lalo na si Sensui!

"Ano na naman!" inis na sigaw nya sakin!

"Hehehehehehehehe.. Truth or dare??"

"Dare.." nakangisi'ng sagot ni Sensui!

Parang kumislap ang mga mata ni Sensui dahilan para mapangisi rin ako sa kanya!

Parang alam ko na ang sinasabi nya hahahahahaha..

Pero hindi pwede.. baka magalit sakin si Max!!!

"S-Sige nga.. Pitikin mo nga sa noo si Taguro.." natatawang hamon ko!

"A-Ano?!" gulat na tanong ni Sensui at tinignan naman ako ng masama ni Max!

"I dare you.. pitikin mo sa noo si Taguro!!" pigil ang tawa'ng hamon ko ulit!

Gulat na napatingin si Sensui kay Max!

"Sige.. subukan mo.." mayabang na hamon ni Max kay Sensui dahilan para kabahan sya!

Bwahahahahaha! Yari ka dyan!

"P-Pero.. ang daya naman e!" sigaw ni Sensui at natawa naman kami sa kanya! **"W-Wag naman yun! Ayaw ko syang saktan e!"**

"Hahahaha ang OA mo! Pipitikin mo lang naman e! May namatay na ba sa pitek ha!?"

"A-Ayoko pa rin!"

"Woooohh!! Tatalon ka sa dagat kapag hindi mo nagawa yan!"

"Hoy Parrot! Wag ka ngang madaya!"

"Tatalon ka talaga sa dagat kapag hindi mo nagawa yan Sensui.. seryoso ako.. kayang kaya kitang buhatin at ihagis sa dagat! May pating dyan.. bahala ka hehehehe.."

"P-Pero.." kabadong usal nya nakangiwing tumingin kay Max na nanlilisik ang mga matang tumingin sa kanya. **"I-I'm sorry Taguro---"**

"Tss.. sige.. subukan mo lang.. Babaliin ko talaga yang paa mo!"

Hardcore talaga 'to..

"Magpapapitik ka ba Max?? O.. ihahagis ko si Sensui sa dagat!?" mayabang na tanong ko.

"Ibahin mo yang dare mo kung ayaw mong ako maghagis sayo.." mayabang na sigaw ni Max sakin!

Galit yata sya..

"Hahahahahhahahahaha!!" malakas na tawa ni Maxwell at Maxrill sa kanya! Inis naman akong tinignan ng masama si Max!

"Noona.." bulong sakin ni Maxrill na sinenyasan pa akong lumapit sa kanya kaya naman ngingisi ngisi akong inilapit ang tenga ko sa kanya. **"Dare Sensui to dare Maxpein-Noona.. let's see what will they do.. hehehehe.."**

Nagkatinginan kami ni Maxrill at saka nanlilisik ang mga matang nagkaintindihan.

"O sige sige.. we've made a unanimous decision.. Sensui.. I dare you to dare Maxpein.."

"A-Ano?!" si Sensui.

"Dinedare kitang i-dare mo sya!" turo ko pa kay Max!

"Pano yun?!"

"Engot.. edi idare mo sya! Bale sya ang gagawa ng dare na dapat ay sayo!"

"A-Ang daya mo naman!?"

"Mamili ka.. pipitikin mo sya sa noo?? Ihahagis kita sa dagat??? O ide-dare mo sya?!"

"Tch! Badtrip ka!"

"Hahahahahah oh well.. part of the game.." mayabang na sagot ko pa!

Tumingin muli si Sensui kay Max at nakangisi na naman kaming pinanood sila!

Nakangiting lang sila sa isa't isa na animong parehong may iniisip!

"Bilis! Tumatakbo ang oras oh!"

"T-Teka!"

"Bilis!"

"Sandali!"

"Fasteer!!!"

"Aiissshh!!!" inis na singhal ni Sensui at saka nag-isip!

"Tagal naman oh---"

"I dare you.." biglang mahinang usal ni Sensui at blangko ang mukhang tinignan naman sya ni Max!

OMG OMG OMG OMG!!!!! Kyaaaaaaaaaa!!!!

Ang sweet sweet tignan twing magtititigan sina Max at Sensui!

Naiinggit ako..

"I dare you to love me.."

WTF??

"W-What?!" gulat na tanong ni Max sa kanya!

"I said.. I dare you to love me.." mayabang na sagot ni Sensui sa kanya!

Wow...

**"Waaaa

"Tsk.. namamaga na.."

"Ha?!" gulat na tanong ko at saka yumuko para tignan ang paa ko!

"At nangingitim pa.."

Nagulat ako nung makita kong namamaga na nga at nangingitim yun!

Mabilis na tumibog ang puso ko at nag-alala ako sa lagay ng paa ko!

Bakit nagkaganon!?

May laro pa naman kami sa lunes! Badtrip naman oh!

"Kailangan nating ipa-Xray 'to.." dagdag pa ni Maxwell.

"Anong nangyari dyan?"

Mula sa tagiliran ko ay biglang sumulpot si Taguro at nagtama ang paningin namin!

Mas kinabahan ako sa seryosong tingin nya!

Dahan dahan syang naupo sa harap ko at tinignan ang paa ko.

"Bakit nagkaganyan yan??" salubong ang kilay na tanong nya na tumignin pa ng masama sakin bago muling tumingin ng masama kay Maxwell!

"Y-Ya.." suway ni Maxwell sa kanya. **"Sabi ko naman kasi magpahinga ka na lang e.."**

"Tss.. bakit kasi sumama sama pa e.." si Taguro.

Hindi na ako sumagot pa dahil ayaw ko namang isipin nilang sinisisi ko sila!

"Kailangang ma-Xray 'to para makita kung may bali na buto.. Yung pamamaga kasi at pangingitim ay pwedeng senyales rin ng baling buto.. Kaya mas maganda kung maipapa-Xray natin 'to.." si Maxwell.

"May laro ka ba sa lunes?" tanong ni Taguro at tumango naman ako. **"Tsk.. pano ka makakapaglaro nyan??"**

"H-Hindi ko rin alam.."

"Patingin nga!"

Anong alam mo naman sa ganyan?! Tch!

"Masakit na masakit na ba??" tanong pa ni Taguro.

"O-Oo e.. kanina pa.."

"Kanina pa pala e, bakit hindi ka nagsasabi!?"

Hindi na ako sumagot at nakanguso na lang na sinalubong ko ang mga tingin nya!

"Tsk.. gagalawin ko 'to.. Sumigaw ka lang kapag nasaktan ka.."

"A-Anong gagawin mo?!"

"Kailangang makita kung aling ugat ang nabanat sayo---"

"P-Pero---"

"Kailangan mong tiisin ang sakit kung gusto mong makapaglaro sa lunes Sensui.."

Kinabahan ako.

"Ikaw na.." utos nya kay Maxwell at napaikot naman agad ako nung maramdaman kong iangat ni Maxwell ang paa ko!

"A-Araaaaayyy!!!!" namimilipit talagang sigaw ko!

"S-Sorry Deib, pero kailangan talaga nating gawin 'to.. Paniguradong gagawin rin 'to ng doktor na pupuntahan mo.."

"M-Masakit talaga e!" namimilipit na sagot ko.

"Masakit talaga 'to.. masakit na masakit.. kaya wala kang magagawa kung hindi tiisin muna.."

"P-Pero.. masakit kasi talaga.. Hindi ko kaya.." nanghihina ng sagot ko.

"Natiis mo nga kanina e.. tiisin mo rin ngayon.." seryoso munit hindi galit na sabat ni Taguro at saka sya naupo sa hawakan ng sofa. Kinuha nya ang isang kamay ko at saka tumignin sa mga mata ko. **"Diinan mo na lang ang kamay ko kapag hindi mo na kaya.."**

"....." hindi ako nakapagsalita at naiwan na naman akong salita.

"Kailangan mong tiisin yan kung talagang gusto mong makapaglaro sa Lunes.. Isa pa.. hindi magandang pinatatagal yan dahil baka lalong mamaga.. Ang sabi ni Mang Pitong ay sa dulo pa ng kasunod na baryo ang pinakamalapit na ospital dito.."

"P-Pero.."

"Sensui.. makinig ka sakin.." sabi nya pa na hinawakan ako sa baba. **"Kailangan nating maagapan yan, bago pa lumala.. Okay??"**

"O-Okay.." iiling-iling na sagot ko dahil mukhang wala naman na akong choice!

Gusto nila akong tulungan at gusto ko rin naman talagang makapaglaro sa lunes!

"Deib.." tawag sakin ni Maxwell na nasa paanan ko pa rin at nakangiwing nilingon ko naman sya habang hawak pa rin ni Taguro ang kaliwang kamay ko! **"Magiging masakit talaga 'to kaya tiisin mo.. I need to move your ankle in various ways to see which ligament has been hurt or torn.. Wag kang masyadong malikot dahil hahanapin ko kung aling ligaments ang nastretch o napunit dito.. konting maling ikot mo baka madamage mo naman yung ibang ligaments kaya tiis lang.. Okay?!"**

"O-Okay.."

"Mabilis lang 'to kapag nakita ko agad.. magiging matagal kapag hindi ko nakita agad.."

"B-But as much as possible, p-please lessen the pain.." pagmamakaawa ko at tumango naman sya kaya naman.. **"A-Ah! A-Ah! A-Araa--wwwooooohh.. woohhh.."** sabi ko pa habang humihinga sa bibig ko! **"Araaaaaaaay!!" sigaw ko! "A-Aray! A-Araaaay! Aray.. woooh.. woooh.."**

Hindi ko na kaya!

Nanghihina na talaga ako!

Diniinan ko ang pagkakahawak ko sa kamay ni Taguro!

Pero muling inikot ni Maxwell ang paa ko dahilan para mapayakap na ako kay Taguro!!!

Gulat syang napatingin sakin pero hindi ko ininda yun dahil masakit talaga!

Masakit na masakit!

Wala akong pakialam kung awayin nya pa ako pagkatapos.. pero ang sakit talaga ng paa ko!

"Alright.. Kailangan mo talagang magpahinga Deib.."

"T-Tapos na??" nakahinga ng maluwag na tanong ko.

"Mmm.." sagot nya at mabilis ko namang inalis ang pagkakayakap ko kay Taguro at saka hinang hinang sumandal sa sofa!

"Grabe.. bakit nangingitim na yan?! Nagsapatos ka pa kasi e! Okay ka lang ba?!" si Parrot.

Hindi ko sya magawang sagotin dahil hinang hina talag ako!

Muling lumapit sakin si Maxwell at binendahang muli ang paa ko!

"A-Aray.. aray.. D-Dahan dahan brad.. dahan dahan.. m-masakit.."

"Sorry, konting tiis pa Deib.."

"A-Aray.."

"Ayan.." sabi nya pa at saka muling tumayo**. "Halika na.. ihahatid na kita sa kama.."**

"Hindi pa sya kumakain.." singit ni Taguro.

"Kailangan nya talagang makapagpahinga.. I need to elevate his foot.."

"Pano ka kakain??" tanong ni Taguro sakin.

"W-Wala nakong gana.." nanghihina talagang sagot ko.

"Sige na, pumasok ka na sa kwarto mo.. hahatidan kita.."

Parang nawala ang panghihina ko sa sinabing yun ni Taguro kaya naman medyo napangiti pa rin ako!

"A-Ahh!!!" sigaw ko nung maitukod ko ang pilay na paa ko!

"Tss.. dahan dahan lang kasi!" sigaw pa ni Taguro sakin!

Nagpaakay ako kay Maxwell hanggang sa kwarto ko at naupo naman agad ako.

"Magpahinga ka na muna pre.. ako na bahalang magsabi kay Pein kung anong dapat nyang gawin.."

"Salamat Maxwell.."

"Sure thing.. maiwan na muna kita dyan.."

"Pakisabi kay Taguro, kumain na muna sya.."

"Hindi na.. sabay na lang kayong kumain dyan.." nakangiting sagot nya at saka nakangiting lumabas ng kwarto!

Parang hindi ko magawang kiligin dahil sa sobrang sakit talagang nararamdaman ko!

Gusto ko ng mamanhid ang buong binto ko dahil sa sobrang sakit!

Maya maya lang ay tumayo ako at kumuha ng damit ko.. Pumasok ako sa banyo at saka nagpalit ng damit at magsipilyo..

Pagkalabas ko ay nasa kwarto ko na si Taguro at may inaayos na gamit..

"A-Ano yan??" tanong ko.

"Kailangan mo ng cold compress para mabawasan yung pamamaga nyang paa mo, humiga ka na don at wag ka ng lakad ng lakad. Hindi mo na muna pwedeng ilakad ang paa mo."

"H-Ha?! E pano na ako bukas?!"

"Bakit?"

"Edi hindi ako makakasama sayo??"

"Tss.. naisip mo pa yung gala, e ganyan na nga ang lagay mo?!" inis na tanong nya at saka inayos naman ang mga pagkaing dala nya. **"Dito na lang tayo kumain.."** dagdag nya pa. **"Umupo ka na sa kama.."**

"Ha??"

"Umupo ka na sa kama.. ieelevate ko ang paa mo.."

"Sige.." sabi ko at sumunod sa utos nya.

Mabilis nyang inalis sa pagkakarolyo ang isang mahabang benda at saka mabilis ring itinali sa mataas na frame nung kama at saka itinali rin sa binti ko.

"T-Teka.. Teka!" pigil ko sa kanya at huminto naman sya.

"Bakit?"

"M-Mamaya na yan.. m-magsisipilyo pa ko pagkatapos kumain e.."

"Tss.. wag ka ng magsipilyo!"

"H-Hoy! Hindi ako nakakatulog ng ganon!"

"Tss.. edi ngayon pa lang!"

"Ayoko nga!"

"Kailangan mo nga kasing ielevate 'to!"

"Pwede naman mamaya e.."

"Tsk! Kaso nga.. kailangang withing 48hours ay elevated ang paa mo at immobilized! Kung gusto mong makapaglaro sa lunes e sumunod ka! Wala ka ngang 48hours bago mag-lunes.. engot!"

"Badtrip naman.." walang magawang bulong ko at pinanood syang itali ang paa ko. **"Pano ako kakain nito?!"**

"Edi sumubo ka.."

"Nang nakahiga?!"

"Tss.. edi umupo ka.."

"Nang nakataas ang paa?! Okay ka lang!?" inis na tanong ko sa kanya.

"Alam mo?! Ang liit liit na problema, pinapalaki mo!" inis na sigaw nya sakin! **"Kung hindi ka makatulog ng walang sipilyo, magtiis ka na muna sa mouthwash! Kung hindi ka makakain ng nakataas ang paa, susubuan kita! Hindi nag-iisip!"** singhal nya pa at saka tinalikuran ako at lumapit sa pagkain!

Kaya naman kahit masakit pa talaga ang sugat ko..

She really cares for me..

Bahagya pang nagulat si Taguro nung makita akong nakangiti sa kanya!

"Ano na naman yan?" parang sawa ng tanong nya!

"Masaya lang ako.."

"San?" tanong nya habang inaayos ang mga pagkain sa side table ng kama.

"Sa lahat ng nangyari ngayon.."

"Tss.."

"Ang dami daming nangyari hehehehe.. sa sobrang dami pwede na akong mamatay hehehe.."

"Go.."

"Sana lagi tayong ganito Taguro.."

"Tss.. simple'ng bagay nga e hindi natin mapagkasunduan e.. gusto mo pang laging ganito?!" inis na tanong nya na ipinatong ang huling plate

na kinuha nya at saka umupo sa tabi ko. Tumingin sya ng deretso sakin dahilan para tumingin rin ako sa kanya. **"Pwede bang ingatan mo yang sarili mo??"** seryosong tanong nya at nabihag na naman nya ang puso ko!

"K-Kailangan ko yata kasi talaga ng alaga mo e.." ngingiwi ngiwing biro ko. **"A-Ahh.. tsk.."**

"Wag ka ng gumalaw galaw.. susubuan na kita.."

"Ahhhh.." biro ko pa na ngumanga sa harap nya, ngumiti naman sya at saka sinubuan ko. Nginuya ko yun agad at saka ngumanga ulit. **"Aaaahhh..."**

"Tss.. isip-bata.."

Ngumiti lang ako sa kanya at saka nagtuloy sa pagnguya.

"Kumain ka na rin.." sabi ko pa.

"Uunahin na kita.."

"Sabayan mo ko.."

"Mamaya na.."

"Sabayan mo sabi ako e.." nakangusong pagpupumilit ko.

"Bakit ba ang kulit mo?!"

"G-Galit ka na naman.. ang init lagi ng ulo mo sakin.."

"Kasi.. sa isang salita ko, itikom mo na yang bibig mo.." pigil ang inis na sagot nya kaya naman hidni na ako nagsalita pa!

Nakangusong sumubo na lang ako ng sumubo sa bawat pagkaing isusubo nya!

Painom nya rin ako ng tubig at maya maya ay lumabas sya munit pumasok rin!

"Eto.. pain reliever.." abot nya sakin at saka ako inabutan ng bottled water. **"Inumin mo na yan.. babalikan ki---"**

"San ka pupunta??" pahabol na tanong ko.

"Maliligo lang ako.."

"Balik ka ah?" nakangusong tanong ko pa pero hindi na sya sumagot!

Tch! Sungit..

Inis akong kinuha ang remote sa gitna ng kama at binuksan ko ang TV.

Hanggang sa hindi ko namalayang nakatulog na ako..

MAX'S POV

"Hoy.."

Napalingon ako sa may pintuan nung marinig ko ang boses ni Naih.

"Kumusta naman?" sarkastikong tanong nya pa at hindi naman ako sumagot. Naupo sya sa sofa at saka nakapandekwatrong tumingin sakin.

"May gusto ka na kay Sensui noh??" tanong nya pa at hindi pa rin ako sumagot..

Pinagpatuloy ko ang pagsusuot ng damit ko at saka ko pinatuyo ang buhok ko.

"Sana magtuloy tuloy na yan Max---"

"Hindi pa yun tulad ng inisiip mo.." biglang sagot ko at napabuntong-hininga naman sya,

"Hindi kita minamadali.. Tulad ng ng sabi ko noon, alam kong alam mo ang ginagawa mo.. Malamang, katawan mo yan e! Ang totoo.. masaya lang ako, dahil tinutupad mo yung sinasabi mo.. Na hindi mo sya sasaktan.."

"Dahil wala naman akong dahilan para saktan sya.."

"Hmmm.. hehehehe.. kaya nga pinagpepray kong sana magkagusto ka na rin sa kanya e.. O baka naman, may gusto ka na nga?! Hehehehehe! Masyado ka kasing natural e.. halos walang pinagbago sa kilos mo.. halatang hindi mo pinipilit ang sarili mo at natural na natural ka talaga sa mga ginagawa mo.. May gusto ka na sa kanya ano!?"

"Ewan ko.." rektanong sagot ko at natigilan sya at napahawak sa bibig!

"Oh my God.. Seriously?" OA na tanong nya pa at saka tumayo at hinawakan ako sa magkabilang balikat! **"The fact that you answered *'ewan ko'* means that..you're not saying no?! Meaning.. m-meron nga!!!"**

"Tss.."

"OMG! Gusto mo na nga sya! Hahahahahah! I'm so happy for you---"

"Manahimik ka nga.. hindi pa rin yun tulad ng iniisip mo kaya wag kang mag-assume.."

"Oh e ano lang!?"

"Hindi ko nga alam.. malalaman ko lang yan, kapag nakaharap ko na ulit si Randall.. Pakikiramdaman ko ang sarili ko.."

"Kyaaaaaaaa!!! Sana si Deib na lang.."

"Wag kang mag-alala.. hindi ko rin sya kayang bitiwan.." sagot ko at saka naglakad papalabas ng kwarto munit mabilis nya akong nadampot sa kamay ko.

"OMG.." napapanganga pang usal nya.

"What?"

"S-Seryoso ka sa sinabi mo!?"

"N-Na ano?" takang tanong ko.

"**Na hindi mo k-kayang bitiwan si S-Sensui?!"** tanong nya at tumingin pa ako sa side ko bago tumango sa kanya! **"Waaaaaaaaaa!! You really like him already!"**

"Mmm.. talaga? Okay.." sagot ko at saka naglakad ulit.

"T-Teka nga, saan ka ba pupunta!?"

"Kay Sensui.."

"Ha?! Bakit!?"

"Aalagaan ko sya.."

Nagulat si Naih sa mga sinabi ko munit nakarecover rin naman agad!

"A-Ahh hahaha.. h-hindi mo naman kasi sinabi e.. Sige na.. sige na.. hehehe.. dun ka na.."

Nginitian ko lang sya at saka ako pumasok sa kwarto ni Sensui.

Natutulog na si Sensui pagkapasok ko..

Sobrang sakit talaga siguro kaya naman bagsak ang katawan..

Binuksan ko sa ref nya at kinuha don ang icepack.

Lumapit ako sa kama at saka ako naupo sa tabi nya at pinagmasdan ko ang mukha nya..

Hindi ko naiwasang mapangiti..

Gwapo ka sana.. kaso masyado kang maingay.. Nakakaturn off..

Sa dami ng lalaking nakilala ko, ikaw ang pinakamaraming sinasabi.. daig mo pa ang babae..

Ikaw lang ang lalaking parating nagsasabi ng Nakakainis! Tss.. bading..

At ikaw lang ang lalaking nakapagparamdam sakin kung panong mag-alala ng todo..

Bakit ba kailangang maramdaman ko sayo 'to??

Sana kung ikaw talaga.. ikaw na lang ang talaga.. Pero bakit hindi ko pa rin maalis si Randall sa isip ko??

Napabuntong-hininga ako at kitang kita ko ang dahan dahang pagmulat ng mga mata nya..

"N-Nandyan ka na pala.." mahinang usal nya.

"Mmm.. ipapatong ko 'to sa paa mo ah?"

"Ano yan??"

"Yelo.. para mabawasan yung pamamaga ng paa mo.."

"Mmm.. Salamat.."

"Matulog ka na.. babantayan kita.." mahinang sagot ko rin sa kanya pero ngumiti sya..

Isang hindi norman na ngiti.. kung hindi, ngiti ng lalaking kinikilig..

Cute na cute ako sa kanya kapag ganon ang nagiging reaksyon ng mukha nya..

"Gusto kitang titigan.." malumanay na sabi nya na ipinatong pa ang kaliwang kamay nya sa ulo **nya. "Ayokong mawala yung mukha mo sa paningin ko.."**

"Tss.. hanggang ngayon lang 'to sa gabi'ng 'to.." sagot ko.

"Pwede ko bang hiliging, gabi gabihin mo na??" natatawang tanong nya pa.

Hindi ako nagsalita..

Naupo lang ako ng ayos at saka muling tumingin sa kanya.

"Taguro.."

"Mmm.."

"Nakapagsorry na ba ako sayo sa dami ng ginawa ko noon??"

"Mmm.. ewan ko.." kibit-balikat na sagot ko.

"Kung ganon.. pwede pa ba akong magsorry ngayon???"

"Ikaw bahala.."

"Seryoso ako.."

"Seryoso rin ako.."

"Sorry.." sinsero'ng usal nya at nakita ko naman ang pagiging totoo sa mga mata nya. **"Sorry dahil.. nauna kitang saktan bago kita magustohan.. Sorry kasi mas nauna kitang bastusin, kesa igalang.. Sorry kasi.. mas ipinakilala ko sayo yung immaturity ko.. Sorry dahil andami mong pinagdusahan ng dahil sa mga kalokohan ko.."**

"Ano namang kinalaman mo sa mga yun?" tanong ko na kinukutkot kunwari ang cover ng kama nya.

"Kasi.. nung minsang pagalitan ka ni Maze sa Dean's Office nung araw na nagkita kayo.. Naguilty talaga ako non ng todo.. Pakiramdam ko, ako lahat ang may kasalanan kung bakit ka nila tinatrato ng ganon.."

"Ahh.."

"Tapos.. nung araw rin na yon, sinabi mo sakin na hindi ka talaga anak ni Maze at kapatid ka ni Maxwell sa Daddy.. Lalo akong naguilty non.."

"E labas ka naman don.."

"O-Oo nga.. pero kasi.. Kung hindi ko sinimulan yung ginawa kong mga kalokohan sayo, edi sana hindi sila nagalit sayo? Edi sana hindi ka nila naipahiya sa harap ko at ng mga kaibigan natin.." nakangusong dagdag nya.

"Kahit hindi mo ko pinagtripan.. kahit hindi tayong naging magkaaway.. Dati na silang galit sakin.. kaya, maguilty ka man o hindi, wala na sakin yun.."

"Talaga??"

"Mmm.. bibigat lang ang dibdib ko kung magtatanim pako ng sama ng loob dito.."

Natahimik kami pareho at parang nag-iisip sya..

"A-Alam mo.. tama nga si Randall.."

Napatingin ako sa mga mata nya ng banggitin nya ang pangalang yun..

"Ikaw yung babae'ng parang lahat ng problema may solusyon.. Yung babae'ng parating positibo kahit pa napakaraming negatibo sa paligid mo.."

"Nakatulong sakin ang kawalan ko ng interes sa paligid ko.." ngingisi ngising sagot ko at natawa naman sya.

"Hindi mo man lang ba tatanggapin ang sorry ko??"

"Mmm?? Mmm.. edi sige.. tinatanggap ko.."

"Am I forgiven??"

"You're forgiven.." nakangiting sagot ko.

Bumuntong-hininga sya.

"Twing maiisip ko kung bakit ko nga ba ginawa yun noon.. natatawa rin ako sa sarili ko dahil hindi ko rin alam kung bakit.." natatawang dagdag nya. **"Kapag naiisip ko lahat ng kalokohang ginawa ko sayo.. hindi ko alam kung maiinis ba ako o matutuwa sa sarili ko.."** bumuntong-hininga ulit sya at saka pinagmasdan ang mukha ko. **"Bakit mo nga ba ginawa yun?"**

"Ang alin?" takang tanong ko at umiling naman sya.

"Natatandaan mo ba nung una tayong magkita?"

Sinong makakalimot?! Hardcore ka..

"Yung pinatid mo ko?"

"Mmm.."

"Tss.. Malamang.."

"Hahahahaha..." natawa talaga sya ng matindi. **"Hindi ko makalimutan yung itsura mo!"**

Buset..

Hindi ako sumagot at iniiwas ko na lang ang paningin ko sa kanya..

"Tinignan mo ko ng masama kaya ko ginawa yun.."

WTF???

"A-Ano?!" gulat na tanong ko.

"Mmm.." tango nya pa. **"Tinignan mo ko ng masama at hindi ko nagustohan yun kaya pinatid kita.. hehehehe.."**

"Tss.."

"Bakit mo nga ba ginawa yun??" tanong nya at napaisip naman ako..

Salubong ang kilay kong napatingin sa kanya..

Parang wala naman akong matandaang dahilan..

"Taguro.."

"Oh??"

"Bakit mo ginawa yun??"

"Hindi ko alam.." malumanay na sagot ko.

"E bakit mo ko tinignan??"

Bakit nga ba!?

Pili kong inalala yung oras na yun na sinasabi nya..

Umulan ng malakas eksaktong pagtapak ko sa unang palapag ng building.. Andami kong nakitang nag-aakyatan sa kaliwang hagdan ng building kaya naman sumunod ako sa kanila at doon na rin umakyat.. Hindi ko pa alam kung saan ang floor ko kaya naman dumaan ako sa bawat floor ng building na yun dahil baka sakaling makita ko.. Sinundan ko yung magandang babae'ng nakita ko at yun na nga si Michiko.

Eksaktong pagdaan ko sa harap nya ay nakita ko sya..

Bakit nga ba napatingin ako sa kanya!?

Hindi ko talaga alam kung bakit!

"Anong iniisip mo?" tanong nya dahilan para mabalik ako sa ulirat.

"Iniisip ko kung bakit nga ba kita tinignan non.."

"Hahahah ang weird mo talaga.."

"Tss.. tinatanong mo ko tapos.."

"Sige isipin mo.."

"Ayoko na.."

"Hahahahaha.. Bakit?!"

"Basta.. tinignan kita.. Nakita kita.. hindi ko alam kung bakit, basta.. napansin kita.."

"Baka dahil gwapo ako?!" nakangising tanong nya at ngumiwi naman ako kunwari at pinag-aralan ang mukha nya.

"Siguro.." tatangu-tangong sagot ko at natawa sya!

"Hahahahahaha! Edi na-love at first sight ka pala sakin??"

"Ayy kalokohan yan.."

"Tch!" nakangusong singhal nya. **"Yung tingin mong yun.. hindi ko talaga nagustohan.. Ang angas ng dating.. Nakakaagaw talaga ng pansin.."**

"Anong tingin ba?"

"Yun.. yung tingin mong yun! Kakaiba e.. mahirap iexplain.. Para bang.. tinignan mo ko ng masama dahil ayaw mo kong makita??"

"Tss.. kaya pinatid mo ko!? Kung anu-ano kasing iniisip mo e.."

"H-Hindi ah.."

"Tss.. abnoy ka.. Sa simpleng tingin kong yun, pinatid mo ko!? Hindi naman kita inaano, tapos pinatid mo ko?! Alam mo ba kung gano katinding inis yung naramdaman ko nun?! Alam mo ba kung pano akong napahiya nun!?"

"Sorry na.." malambing na usal nya.

"Tss.. kung kelan nangyari na.."

"Alangan namang magsorry muna ako sayo bago ko gawin yun? Anong malay ko kung sino ka!? Tuleg ka rin e hahahahah.."

Linya ko yan ah!?

"Tss.."

"Pero sorry talaga.." biglang seryosong sabi nya.

"Napahiya na ako kaya wala ka ng magagawa.."

"Hahahahaha.. plakda ka ba naman sa harap ng buong section namin e, sinong hindi mapapahiya! Hahahaha!" malakas na sabi nya pa at tinignan ko sya ng masama. **"P-Peace.."** sabi nya na nagpeace sign pa at saka nagpigil ng tawa!

"Napahiya talaga ako nun dahil lintek ng lalakas ng tawa nyo! Buti na lang talaga at dumating si Lee.."

"Tch! Ang bayani kong kaibigan.. Kapa na lang ang kulang kamukha nya na talaga si Superman! Peste.."

"Hahahaha.. bakit??"

"Naiinis ako twing tutulungan ka ni Lee non!"

"Baka nagseselos ka na?" mayabang na tanong ko at nagulat naman sya!

"Wow ah! Hanep sa confidence level ah!?"

"Hehehehe.."

"Noon, wala pa akong pakialam sayo at nabubwisit talaga ako twing susulpot sya para tulungan ka.. Parati rin syang nakakontra sa mga plano kong gagawin sayo pa!"

"Pero ayos rin yung kaibigan mong yun e no?? Matibay rin.."

"Bakit?"

"Kasi.. sa inyong tatlo.. Sya lang talaga yung kinakitaan ko ng eagerness na magsorry sakin.. Hindi tulad nyo ni Tob.. ikaw yung luko-loko.. si Tob naman yung baliw na asungot mo! Kakakarampot na ginawa mo, lintek kung tumawa! Nakakapang-init ng ulo!"

"Hahahahahaha!" malakas na namang tawa nya! **"Ganon talaga yon si Tob.. hahahaha! Maraming nagsasabi don na nakakainis sya pero ang totoo, naiinis lang sila sa kanya kasi nakakainsulto yung paraan nya ng pagtawa.. Alam mo bang nagalit rin sakin yun nung nilagyan ko ng bubble gum yang buhok mo?! Tch! Ako 'tong si gago na tuwang tuwang magkwento sa kanya nung kalokohang ginawa ko sayo.. yun pala si loko sa loob loob nya e nabadtrip sakin! Kinabukan, bigla na lang nag-emo at magdamag akong hindi pinansin!"**

Nagulat ako sa sinabi nya dahil hindi ko alam na ganon pala ang nangyari sa kanila!

"Talaga?" tanong ko pa.

"Oo.. nabadtrip sila sakin ni Lee nun! Ang sabi pa nila.. naiintindihan daw nila ako, naiintindihan talaga nila ako pero ang hindi nila maintindihan ay kung bakit ayaw pa kitang tigilan?? Hindi na daw ba sapat yung dahilang.. dahil babae ka!? Hahahahahaha.."

"Anong sabi mo?"

"Sabi ko naman.. bakit kita titigilan sa oras kung kailan kagagawa mo lang sakin ng kalokohan!?"

"Tss.. childish..."

"I know.." sagot agad nya. **"That's why I said sorry.."**

"Hindi naman mababawasan nyang ang immaturity mo.. Tss.."

"At least sincere hehehehehe.."

"Whatever.."

Bumuntong-hininga ulit sya saka nagsalita.

"Hindi ko rin alam kung ilang demonyo nga ba ang pumasok sa katawan ko, bakit ko ginawa sayo yun?? Hahahaha.. hindi ko talaga

makalimutan yung pagplakda mo dun! Ang pangit ng hulog mo hahahaha! Isang malakas na blaaaag!!! Kasi mataba ka nun hehehehe.."

"Tss.."

"Tapos dinakma mo yung collar ko at saka nagsalita sa mukha ko.. Amoy bubble gum ang hininga mo at nasabi ko pa sa isip kong ang cheap mo hahahahaha.."

Siraulong 'to..

"Hindi ko kasi talaga nagustohan yung dating mo nun.. para kang gangster.." madiing sabi nya pa. **"Matabang gangster heheheheehe.."**

"Asa.."

"Bakit nga pala ang taba mo nun?"

"Panay kain e.."

"Saan??"

"Galing akong Korea di ba? Walang ginawa si Mokz kung hindi pakainin ako.. pagod kasi ako lagi galing sa trabaho.."

"Anong naging trabaho mo dun?"

"Waitress sa isang simpleng restaurant sa umaga at cashier naman sa isang convenient store sa gabi.."

"Eh!? E bakit ang taba mo? Kung pagod ka lagi, hindi ba't dapat mas pumayat ka pa nga??"

"2 months kasi bago ako bumalik dito sa Pilipinas ay pinahinto na ako ni Mokz sa trabaho.. kaya ayun, puro kain na lang ang ginawa ko.."

"Ahh.. hahahaha.. Kasi nung una talaga kitang makita, ayaw ko nung buhok mo kasi kulot tapos nakatali.. Ayaw ko ng katawan mo kasi mataba ka.. Ayaw ko nung tingin mo kasi masyadong masama.."

Hindi ko sya sinagot..

Imbes ay nginisian ko sya..

"Anong iningingiti ngiti mo dyan!?" nakangiti ring tanong nya.

"Hindi ko akalaing ganon na lang ang naging tama mo sakin.."

"H-Ha?!" gulat na tanong nya!

"Akalain mong nagawa mong pag-aralan ang kabuuan ko sa iilang segundo??" pang-aasar ko.

"H-Hindi ko maintindihan.."

"Tss.. Ang sabi mo ay hindi ko nagustohan ang masamang tingin ko sayo kaya mo ko pinatid.."

"Oo nga!"

"Pero nagawa mo kong pag-aralan sa pagitan ng ilang segundo mula nung tignan kita hanggang sa patirin mo ko?! Edi napansin mo talaga ang kabuuan ko!?"

"Tch! Asa!"

"Hahahahah.. wag ka ng tumanggi."

"Tch! O-Oo na! Oo na! Panalo ka! Kaya nga sorry di ba!?"

"Forgiven.." nakangising sagot ko.

"M-May isa pa.."

"Ano yun??"

"S-Sorry kasi.. hindi ko na mapigilan ang sarili ko.. sa tingin ko mahal na kita.."

"A-Ano bang sinasabi mo??"

"Na mahal na nga kita.."

"T-Tss.."

"Seryoso ako Taguro.. mahal na kita.. Lalo na ngayon, dyan sa mga ipinapakita mo.. ngayong nandito ka sa harap ko.. ngayong kinakausap mo ko.. Ang sarap sarap ng pakiramdam ko.. Bumibigat lalo yung dibdib ko.. nadadagdagan yung nararamdaman ko sayo.."

"M-Manahimik ka na.."

"Ayoko ng itanggi sa sarili ko at lalong lalo na sayo yung nararamdaman ko.. For me its better to let you know how I feel, kesa solohin ko.. Anong mapapala ko?? At least kapag sinabi ko sayo.. napakilig na kita, napasaya mo pa ako.."

"Sabing manahimik ka na e.." seryosong suway ko sa kanya!

"Bakit ba parati mo na lang iniiwasan ang mga pagpapakilig ko sayo??" nakangiting tanong nya.

"Kasi ayaw kong magpadaan dyan sa mga matatamis na salita mo.." mahinahong sagot ko at saka tumingin sa mga mata nya. **"Pano ko ba ipapaintindi dyan sa *'maliit na kukote'* mo na mas gusto kong maging natural ang nararamdaman ko sayo?? Gusto ko, kusa.. ayoko ng pilit.. Ayaw kong makuha sa magagandang salita.. Ayokong madaan sa pagpapakilig.. gusto ko kusa.."**

"Tch! Bakit ba ganyan ka ang brutal mong magsalita sakin?! Maliit na kukote.. Tch! Ang talino mo e no??"

"Sobra.." nakangising pang-aasar ko sa kanya at saka ako bumuntong-hininga. **"Minsan kasi.. kailangan nating makarinig ng masasakit na**

salita para tumatak sa isip nating yung sinasabi ng isang tao.."

"Andami mong alam hahaha.. Halika nga dito.."

"S-Saan??" tanong ko ng ialok nya ang kamay nya!

"Gusto kitang yakapin e.."

"Siraulo ka ba?? Bakit ko naman gagawin yun??"

"Kahit ngayon lang Taguro.." parang batang pakiusap nya! **"H-Hindi ko na talaga mapigilan yung nararadamdaman ko e.. Kahit isa lang??"**

"Ayoko!"

"Sige na!"

At hinila nya ang kamay ko at napayakap ako sa kanya!

"It's the little things that you do that make me so crazily attracted to you.." mahinang bulong nya sa tenga ko.

OceanofPDF.com

CHAPTER 116 : PALAWAN to LAGUNA

DEIB'S POV

Habang yakap yakap ko si Taguro..

Parang may tumutunog na violin sa tenga ko at may mga paru-paro sa loob ng katawan ko..

Ramdam ko ang bilis ng tibok ng puso ko at sa tingin ko nararamdaman rin nya yun..

Ilang segundo ko pang ninamnam ang pagkakayakap sa kanya..

At ako na ang kusang naglayo sa katawan nya.

Nakangiti akong pinagmasdan ang kabuuan ng mukha nya..

"You're so beautiful.." namamanghang usal ko. **"Para sa iilang segundo.. pakiramdam ko nayakap ko ang buong mundo.."** mahinang dagdag ko pa.

Hindi sya nagsalita..

Nakatingin lang sya sakin na parang pinag-aaralan ang mukha ko.

"Tama na muna yan.. kapag sinagot mo ko, hinding hindi na kita pakakawalan hehehe.."

"Magpahinga kana.." sabi nya matapos bumuntong-hininga.

"Pano ba ako matutulog?? Para akong nakalutang hehehehe.."

"Kailangan mong magpahinga.."

"Pero mas kailangan kita.." usal ko at sumeryoso naman sya.

Sandaling katahimikan ang nangibabaw sa pagitan namin at parang pareho kaming naiwang nag-iisip..

Sumusobra na ba ako sa mga sinasabi ko??

Masyado na bang makapal ang mukha ko?

Tsk.. Bakit ba kasi hindi mo mapigilan ang sarili mo, Deib!? Sa isang simpleng yakap.. pwede mong mabastos ang isang babae! Badtrip naman!

Napatingin ako sa kanya pero wala naman akong makitang senyales na nabastos sya sa ginawa ko at hindi ko rin naman makitang nagagalit sya..

E bakit ang tahimik nya!?

Parati na lang akong pinag-iisip ng babae'ng 'to! Tsk!

Tinignan ko sya habang seryosong nakatingin sa kung saan..

"T-Taguro.." usal ko at tumingin sya sakin. **"A-Anong iniisip mo??"**

"Hanggang ngayon.. tinatanong ko ang sarili ko.. Bakit ako??" tanong nya na nakatingin sa sarili nyang kamay. **"Sa dami ng babae sa paligid mo.. bakit ako??"**

"Hindi ko maintindihan kung bakit.. twing maiisip kong hindi ko kayang pantayan yung nararamdaman mo.. kinakabahan ako.." dagdag nya pa. **"Hindi ko alam kung bakit naiisip ko pa lang na masasaktan kita.. natatakot nako.."** sabi nya pa rin habang nakatungo.

Ang sarap pakinggan ng sinabi nya..

"Maxpein.." tawag ko sa kanya at nagkatinginan kami. **"If you want me.. please let me know.."**

Hindi sya sumagot at nagtama lang ang paningin namin..

Dahan dahan syang tumayo at saka hinawakan ako sa siko..

"I'll see you tomorrow.." mahinang usal nya at saka tumayo at naglakad palabas.

Napatungo ako at pinakiramdaman ko ang sarili ko..

Masyado akong nalilito..

Hindi ko maintindihan kung sino bang paniniwalaan ko!

Hindi tugma ang sinasabi ng puso't isip ko.. Masyado silang magkasalungat kaya naman kinakabahan ako.. Matinding kinukontra ng isip ko ang nararamdaman ko..

Sinasabi ng isip kong wag ako masyadong umasa kung ayaw ko ulit masaktan!

Bakit ganito?? Bakit biglang naging ganito ang pakiramdam ko??

Napatingin ako sa pinto kung san ko unang nakita si Taguro.. Pinagmasdan ko yun at saka muling kinausap ang sarili ko..

Masasaktan mo lang ba talaga ako kapag pinagpatuloy ko pa 'tong ginagawa ko??

Bakit ba ganyan ka mag-isip Deib?! Hindi ba't sya na nga ang nagsabing ayaw nyang umasa ka?? Ang gusto nya ay maghintay ka kaya wala kang ibang dapat gawin kung hindi pagkatiwalaan ang salitang yun!

Inis akong ipinikit ang mga mata ko at saka natulog!

♥ K ♥ I ♥ N ♥ A ♥ B ♥ U ♥ K ♥ A ♥ S ♥ A ♥ N ♥

"A-Aray.." mahinang ungol ko nung maramdaman ko ang pangingimay ng paa ko. Pilit kong itinayo ang sarili ko sa kama at saka tinanggal yung bendang itinali ni Taguro kagabi. At saka ako napaisip..

Gising na kaya sya??

"Tch.. asa pa kong gumising ng maaga yun.." bulong ko at saka pinagpatuloy ang pagtanggal nung benda. Inalis ko ang isa pang benda at saka ko tinignan ang paa ko.

Mukhang okay na okay na ah?! Aiisshh.. lupit mag-alaga ni Taguro..

Nakangiti akong inilakad yun pero may naramdaman pa rin akong kirot kaya naman iika-ika na naman akong naglakad papalapit sa ref at saka uminom ng tubig. Kinuha ko ang towel ko at saka dumeretso sa banyo para maligo.

Nung matapos ako ay mabilis kong inayos ang sarili ko at lumabas ng kwarto..

GISING NA SI TAGURO!!!!

Tinignan ko ang relos ko..

7:00am!? Ang aga nya naman yata???

"Good morning.."

"O-Oh.. good mornng.." bati ko kay Taguro matapos nya akong batiin. Nung mapansin nyang nagulat ako sa kanya ay isinenyas nya ang katabing upuan nya sakin.

"Have a coffee.."

"A-Ahh yeah.." utal na sagot ko at saka naupo sa tabi nya. **"Nasan sila?"** tanong ko nung mapansing masyadong tahimik ang paligid.

"Kanina pa sila sinundo ni Mang Pitong.. susunod tayo sa kanila.."

"B-Bakit hindi ka pa sumama?"

"Maiiwan ba naman kita?" mahinang tanong nya.

Ano bang nangyayari??

"Magcoffee ka na.. para maenjoy natin ang lugar habang hindi masyadong maaraw.."

"Oo sige.." sagot ko at saka tumayo at kumuha ng espresso.

"Kumusta ang paa mo?"

"Okay na sa tingin ko.. Medyo masakit pa rin kapag inilalapat ko sa sahig pero mas okay na sya kesa nung una.."

"Baka naman lumala yan? Sabi kasi ni Mang Pitong ay mahaba ang lalakarin natin.."

"S-Saan daw ba tayo pupunta??"

"Pupuntahan nating yung mga lugar kung san madalas si More at Heurt.."

"A-Ahh.. oo nga pala.. Sige, kakayanin ko yan, nandyan ka naman e.." nakangiting sagot ko at hindi naman sya sumagot. Muli akong tumabi

sa kanya at saka tumingin sa kanya**. "Uuwi na tayo mamaya Taguro.."**

"Mmm.."

"Sana.. w-walang magbago sa.... sa mga ipinaramdam mo sakin dito.." mahinang usal ko pero hindi sya sumagot. Nilingon ko sya at parang naguguluhan sya sa sinabi ko. **"I-Ibig kong sabihin.. sana pagbalik natin sa Laguna.. ganito ka pa rin sakin.."**

Hindi agad sya sumagot at umayos sya sa pagkakaupo't lumaghok ng coffee.

"Hindi tayo magkasabay uuwi.."

"H-Ha??"

"Mauuna kami sayo, remember??" tanong nya at napaisip naman ako!

Damn it!

"Pero hihintayin kita.."

"T-Talaga???"

"Sa Parking Lot.. bukas.."

Akala ko sa Airport..

Nakangusong tinignan ko sya at natawa naman sya.

"Bilisan mo na dyan para maabutan natin sila.." utos nya at sumunod naman ako.

Maya maya nga lang ay bumaba na kami ng Hotel at pumunta sa harap nito..

Doon nakita namin sila Maxwell, Maxrill at Parrot na nakikipaglaro ng Volleyball sa mga kaedaran naming taga-don.

"Here they are.." dinig kong sigaw ni Maxwell dahilan para mahinto sila sa paglalaro.

"Waaaaaa!"

"Halaaa! Ayan sya!"

"Oo nga, ang gwapo nya!"

"Maggirlfriend yata sila e?!"

"Hindi ah.. sabi ni Ate Max kahapon ay hindi daw sila.."

Dinig na dinig ko ang usapan nug mga babae'ng kasama nila Maxwell na kaedaran lang namin.. Napatingin ako kay Taguro at parang hindi nya naman narinig ang mga yun dahil walang nagbago sa reaksyon nya.

"Sali kayo Max!!!" yaya samin ni Parrot pero sinenyasan lang sya ni Taguro at saka umiling. **"Sige na!"**

'Kayo na lang.."

"Psh! KJ mo talaga! Ikaw Sensui??"

"Salamat nalang hehehehe.. injured pa e.."

"Ayy oo nga pala.. sige sige.."

At nagtuloy kami sa panonood sa kanila..

"Ang ganda ng dagat no??" biglang tanong ni Taguro kaya naman napatingin rin ako sa dagat. **"Twing makakakita ako ng nature.. narerelax ang buong katawan ko.."**

"Pareho pala tayo.." nakangiting sagot ko habang pinagmamasdan ang kagandahan ng tanawin.

"Noon sa Korea.. madalas akokng pumunta sa Busan.." huminga sya ng malalim. **"At kapag masyado nan maraming tao don.. pumupunta ako sa Jeju.."**

"Anong ginagawa mo don?"

"Natutulog.."

"Eh!?"

"Mmm.. natutulog lang ako don.. Tapos uuwi na.."

"Weird.." bulong ko at natawa naman sya.

"Masyadong maraming laman ang isip ko at kailangan ko ng pahinga.. Kaya twing pupunta ako don sa mga lugar na yun.. papanoorin ko lang ang Sunrise tapos matutulog na ako.. Kakain ng tanghalian tapos matutulog na naman.. Gigising para panoorin ang Sunset tapos matutulog at gigising pagkatapos para umuwi.."

"Bakit??"

"Sa ganong paraan ko lang kasi narerelax ang sarili ko.. Yung maamoy ko lang yung simoy nang hangin na galing sa kalikasan.. nakakatulong na yun sakin para mabawasan yung mga isipin ko haha.." sabi nya na bahagya pang tumawa. **"Kaya pagdating ko dun, natutulog na lang ako.. Minsan nga wala ng kain kain, tulog na lang talaga hehehe.. Kapag ganon, gutom na gutom ako pagkauwi.."**

"Bakit mo ginagawa yon?"

"Kasi nga gusto kong mabawasan yung laman ng isip ko.."

"Ano bang laman ng isip mo??" deretsong tanong ko at hindi agad sya nakasagot. Napatingin sya sakin at parang nagulat pa sya nung makita nya akong nakatingin na sa kanya. **"Sinong iniisip mo?"**

"Tss.. ano ba namang klaseng tanong yan..?" natatawa pa kunwaring tanong nya.

"Si Randall?" deretsong tanong ko at nilingon nya na naman ako. Ngumiti ako sa kanya. **"Wala akong pakialam kahit pa naiisip mo sya.**

Noon, pumupunta ka sa beach mag-isa.. ngayon may kasama ka na at ako yun.."

"Bakit ba naiisip mo pa sya?" natatawang tanong nya at nagitla naman ako.

"Tch! Alam ko namang naiisip mo sya.. okay lang!" nakangusong sagot ko at muli nyang iniiwas sakin ang paningin nya.

Pero sa loob loob ko..

"Wala pa man tayo sa Laguna p-parang b-bumabalik ka na sa dati ah??" kunwaring natatawang biro ko at mas sumeryoso naman sya.

"Wag ka kasing mag-isip ng kung anu-ano para hindi ka nagseselos.."

"S-Sino namang may sabi sayong nagseselos ako!?" inis na tanong ko!

"Puso mo.." nakangising sagot nya at saka nilayasan ako!

Buset talaga!

Inis akong sinundan sya! Naupo sya sa buhanginan kaya naman lumapit ako agad don!

Tsk.. pano ba ko uupo nito!?

Pilit kong iniupo ang sarili ko kahit pa hirap na hirap ako!

Pucha talagang di bale ng masakit, makatabi ka lang!

Tumingin ulit kami sa dagat at saka nagpakiramdaman..

"Sa susunod na babalik tayo dito.. girlfriend na kita.." nakangiting sabi ko at naramdaman kong lumingon sya sakin pero nakatingin ako ng deretso sa dagat. Hindi naman sya nagsalita. **"At sa oras na yun.."** tumungo ako sa buhangin. **"Dito ka na nakaupo sa harap ko.. sa pagitan ng dalawang mapuputing braso ko hehehehe.."**

"Tss.."

"Kahit magdamag yata kitang yakapin.. hindi ako magugutom hahahahahaha!"

"Pero pwede ba akong humiling ngayon kahit hindi pa tayo??" nakangiting tanong ko.

"Tss.. ano naman yun?"

"Na kapag naging tayo.. wag mo hahayaan ang sarili mong mahalin ako ng higit pa sa pagmamahal ko.."

"Eh??"

"Oo.. hehehehe.. Kasi gusto ko.. mas mahal kita.."

"E-Ewan ko sayo.."

"Hahahahaha.. o sige sige.. Bahala ka.. mahalin mo ko ng todo pero.. dadagdagan ko lagi yung pagmamahal ko sayo hahahahahaha---"

"Manahimik ka nga.."

Barado na naman.. nakakainis!

"Hehehehehe.. I'm much more me when I'm with you.. It feels so comfortable to speak out myself now.."

Hindi sya nagsalita..

"Alam mo.. hindi ko alam kung bakit kita minahal pero.. alam mo bang may dahilan na ako kung bakit mas minahal kita ng todo??"

"Eh?!"

"Mmm.." tango ko.

"A-Ano?"

"You made me feel like I haven't been hurt before.." nakangiting sabi ko habang nakatingin kami sa isa't isa.. napangiti sya pero hindi sya nakapagsalita. Iniiwas nya ang paningin nya sakin pero hindi ko inalis ang tingin ko sa kanya. **"Pakiramdam ko ikaw pa lang ang babae'ng minahal ko.."**

"Tsuuu.. hahahahaha!"

"Lokong 'to.. Bakit ka tumatawa!!!"

"Puro ka kasi pambobola.."

"A-Anong---Hoy! Anong bola don!?"

"Tss.. hahahaha.."

"Sa dami ng sinabi ko sayo sa tingin mo ngayon pa ba naman ako mambobola?!"

"Malay ko ba?! Hahahahaha.."

"Tch! Seryoso ako!"

"Okay.."

Badtrip talaga 'to..

"Taguro.."

"Mmm??"

"Magiging selfish ba ako kung sasabihin kong.. gusto ko akin ka lang??" malambing na tanong ko at nagitla naman sya. **"Lahat lahat sayo.. akin lang.."**

"A-Ahh.."

She's speechless..

Hindi ko na hinintay ang sagot nya..

Yung ma-speechless lang sya.. ayos na! Hahahahahaha!

"M-Magiging selfish rin ba ako kung.."

Napalingon ulit ako sa kanya at nagkatinginan kami sa mga mata..

"K-Kung??" tanong ko.

"Magiging selfish rin ba ako kung sasabihin ko sayong.. wag kang susuko sakin kahit na nasasaktan na kita??"

TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!

HINDI AKO NAKASAGOT!!!

Bumilis ang tibok ng puso ko at talagang kinabahan ako!

Hindi ko maintindihan ang naramdaman ko!

Kinabahan ako.. yun lang ang alam ko..

Iba ang naging dating sakin nung tanong nya..

Ibig nya bang sabihin ay may balak syang saktan ako?!

Ewan ko pero.. yung ang dating sakin nung sinabi nya!

Pero meron pa ring parte ng puso ko ang natutuwa..

Bakit ganito!?

Pero kahit na.. wala akong pakialam kahit masaktan nya ako..

"H-Hihintayin kita Taguro.. Wag kang mag-alala.." nakangiting sabi ko sa kanya.

Huminga ako ng malalim at tumahimik na..

Kung dadating man yung panahong mangyari yang sinabi mo.. kakayanin ko.. Kahit nasasaktan pa ako..

Pareho na kaming hindi nagsalita..

At pareho na rin kaming tumingin sa dagat..

Sandali pang katahimikan ang nangibabaw hanaggang sa magsalita sya..

"Alam mo kung anong iniisip ko ngayon??" biglang tanong nya habang nakamasid sa dagat.

"A-Ano?"

"Kung anong nararamdaman ni Heurt nung sya ang nasa lugar na 'to.."

Napatingin ako sa kanya at napatitig.. walang emosyon ang mukha nya at nakatingin lang sya sa dagat.

"Ang sabi ni Mang Pitong.. sya ang kilalang asawa ni Daddy sa lugar na 'to.. Gusto kong maramdaman kung anong pakiramdam nya.."

"H-Hindi kita maintindihan.." napapahiyang sagot ko. Muli syang huminga ng malalim bago nagsalita.

"Gusto ko syang makilala.. wala akong kaalam-alam tungkol sa kanya.." huminga ulit sya ng malalim. **"Bakit hindi nya na lang ako**

kinuha..?"

"S-Sabi mo g-gangster sya?? B-Baka kasi.. h-hindi makakabuti sayo kung i-isasama ka nya.." sagot ko at napangiti naman sya.

"Gangster.." mahinang sabi nya at saka tumungo sa paanan nya. **"Ano nga ba ang ibig sabihin ng gangster??"** kunwaring tanong nya pa sa ere.

"M-Masamang tao??"

"Hoodlum.. Mobster.. Kriminal.. Sindikato.. Masamang tao.. Alin nga ba sya dyan??"

Hindi ko alam kung anong isasagot ko sa kanya dahil sa dating ng pananalita nya ay parang hindi naman ako ang kausap nya kung hindi yung ere! Parang sarili nya ang kinakausap nya na hindi ko maipaliwanag! Alam kong alam nya ang ibig sabihin ng Gangster pero hindi ko maintindihan kung bakit kailangan nyang magtanong pa!

"Kung sasabihin ko sa sarili kong gangster sya.. yang mga yan rin ang pumapasok sa isip ko.. na hindi sya mabuting tao.. Pero bakit ganon na lang ang tingin sa kanya nung mga tao dito..?? P-Parang.. iba.." pahina ng pahinang sagot nya.

Oo nga..

At doon ko naintindihan ang ibig nyang sabihin..

Nalilito sya..

At nalilito na rin ako..

Nakuha ko ang tinutukoy nya..

Bakit nga kaya ganon? If her mother is a real gangster.. bakit ganon na lang ang tingin sa kanya nila Mang Pitong??

Muli kong inalala yung itsura nila Mang Pitong habang nagkukwento ng tungkol sa Mommy ni Taguro.. Makikita mong namamangha talaga sila sa naging samahan nila kaya naman ganon na lang kagaganda ang mga salitang binitiwan nila patungkol sa Mommy nya.

"Bakit *'sya'* ang isinama ni Daddy dito at hindi si Maze?" dagdag tanong nya na naman sa ere at saka tumingin sakin at tumingin rin naman ako sa kanya. **"Alam mo ba kung bakit hindi ako nakapanood nung huling laro mo?"**

"H-Hindi.." sagot ko.

"Kasi nag-iisip ako.."

"H-Ha??"

"Iniisip ko kung bakit *'ako'* at hindi si Maze ang inutusan ni Chairman na magpunta dito.." mahinang sagot nya na nakatingin sa mga

mata ko at saka lumingon ulit sa dagat. **"Sa pagkakaalam ko kasi ay wala syang ibang pinagkakatiwalan maliban kay Maze.. Si Chairman ay Lolo ko sa Fatherside.. Father sya ng Daddy ko.. pero si Maze ang kasundo nya.."**

"N-Nabanggit mo sakin dati na mas pinagkakatiwalaan nya si Maze dahil h-hindi yata kayang gawin ng Daddy mo yung mga pinapagawa nya kay Maze? T-Tama ba??" tanong ko at tumango naman sya.

"Kaya ganon na lang ang pagtataka ko kung bakit hindi sya ang inutusan ni Chairman dito.." mahinang sabi nya pa at saka sumalubong ang kilay nya. **"Kilala rin ni Lola ang nanay ko kaya naman, parang lalo akong nagtaka.."**

"W-Wala ka ba talagang alam tungkol sa kanya??" tanong ko at hindi sya agad sumaot. Matagal pa syang tumingin sa dagat habang salubong ang mga kilay nya at saka dahan dahang tumingin sakin.

Hindi ko maintindihan kung bakit parang may kakaiba sa emosyon ng mukha nya..

Hindi ko maipaliwanag ang kakaibang dating ng mga tingin nyang yun!

"Meron naman.." biglang sagot nya at nagitla ako!

"A-Anong meron naman??" gulat na tanong ko. **"Ibig mong sabihin, meron kang alam sa kanya??"**

"Mmm.."

Meron naman pala e.. ano pang ikinagaganyan nya??

Parang lalo akong nalito!

Ang sabi nya sakin noon ay wala syang alam sa Mommy nya kung hindi ang pagiging Gangster nito..

Hindi ko maintindihan kung ano 'tong kakaibang kaba na nararamdaman ko pero lamang pa rin ang awa na nararamdaman ko para sa kanya.

"Pero hindi sapat yun para makilala ko sya ng todo.." mahinang sabi nya p.

Napatingin ako sa kanya at ayun na naman yung malungkot nyang mga mata..

Lalo akong nakaramdam ng awa para sa kanya..

Parang sa palabas lang kasi ako nakakakita ng mga istoryang tulad ng sa kanya.. Yung mga tao'ng hindi alam ang tunay na katauhan nila dahil hindi kilala ang isa sa mga magulang nila o ang pareho'ng magulang nila..

Buti na lang talaga at matatag ka.. dahil kung hindi.. Hindi ko rin alam kung sapat ako para may masandalan ka..

Huminga ako ng malalim at saka tumingin na lang rin sa dagat..

Sana dumating yung pagkakataon na.. matulungan rin kita Taguro..

"Ate.."

"Ate.."

"S-Sino ba yu----Eh??" gulat na usal ko nung makita ko ang isang maliit na batang bahagyang hinihigit ang damit ni Taguro para tingnan sya..

Isang cute na cute na batang nakatali sa magkabilang gilid ang buhok.. Mataba ang pisngi.. Maputi at mamula mula ang balat.. At inosenteng inosenteng nakatingala kay Taguro..

"Ate.."

"Oh?"

Napatingin ako kay Taguro dahil sa naging sagot nya sa bata!

Blangko ang mukhang nakayuko sya sa bata habang magkakrus ang dalawang kamay nya!

"Yun.." sabi nung bata habang nakaturo sa paanan nya dahilan para tignan namin pareho ni Taguro yun.

"Oh? Ano yan??"

Tanggal ang sintas ng sapatos nya.

"Yun.." yung bata ulit.

"Anong gagawin ko dyan??" walang emosyong tanong ni Taguro sa kanya!

"H-Hoy ano ka ba.." bulong ko kay Taguro na bahagyang tinapik pa sya. **"Tinatakot mo yung bata e.."**

"Tss.."

Dahan dahang naupo ako at tumingin sa bata.

Sa tingin ko ay nasa 4-5 years old pa lang sya.

"A-Ahh.. hello??" nakangiting sabi ko sa bata.

Nginitian ko sya ng napakalaki.

"Ako si Kuya Deib.. anong pangalan mo?" nakangiting tanong ko pa at tumingin sya sakin habang nakanganga pa ang bibig nya at nakahawak pa rin sa damit ni Taguro ang kaliwang kamay nya. **"Gusto mo bang ako na lang ang magtali nyang sapatos mo??"**

Hindi sumagot yung bata..

Kaya naman mas ngumiti pa ako.

"S-Sya si Ate Maxpein.. Ate Max na lang para mas madali hehehe.. Ikaw? Anong pangalan mo?" ngiting ngiting tanong ko at..

"O-Oh?" mahinang usal ko pa habang nakaturo dun sa bata!

"H-H-Huuwaaaaaaaa!!!!! Huhuhuhuhuhu!!! Huwaaaa! Waaaa!"

UMIYAK YUNG BATA!

"Tss..."

"Huwaaaaa!!! Huhuhuhuhu... hu-hu--huhuhu--*huk!*huhuhu.." walang humpay na iyak nung bata.

Inis akong tumayo at saka sumimangot!

"Tch.. wirdo nitong bata'ng 'to.." inis na bulong ko.

"Tss.. ako pala ang nananakot ah??" sarkastikong tanong ni Taguro at saka mayabang na nginisian ako!

Dahan dahan syang naupo at sa tumingin don sa bata.

"Oy.." mahinang sabi nya pa sa malumanay munit may angas pa ring paraan. **"Wag ka ng umiyak.."**

"Huhuhuhuhuhu.." humihikbi pa ring iyak nung bata.

"Tinakot ka ba ni Sensui?"

"A-Anong Sensui..??? Wag nga yan ang sabihin mong pangalan ko sa bata!" inis na sabi ko.

"Huuuuwwwwaaaaaaaaaaaaa!!!"

Hala..

"Tss.. wag ka na kasing magsalita.." sabi sakin ni Taguro at saka tumingin ulit don sa bata. **"Wag ka ng umiyak ha? Itatali ko na 'tong sintas mo.."** sabi pa ni Taguro at saka isinintas ang sapatos nung bata. **"Ayan.. okay na.. Tumahan ka na.."** sabi pa ni Taguro.

At ang kaninang umaatungal na bata ay unti-unting kumalma kahit bahagya nakangusong humihikbi pa.

Lokong bata 'to ah!?

"Wag ka ng umiyak.." nakangiting sabi pa ni Taguro sa kanya at saka naman huminto ang sunod sunod na paghikbi nya. **"Anong pangalan mo?"**

"Rodessa.." sagot nung bata.

"Ahh.. ang ganda naman ng pangalan mo.."

Tch! Nang-uto pa nang bata..

"Nasan ang Mommy mo??" tanong pa ni Taguro sa kanya at itinuro nya naman yung lugar kung saan maraming tao. **"Ahh.. e bakit ka nandito??"**

Bakit ganon?! Ang ayos ayos nung pagkakatanong ko.. umiyak sya! Tapos si Taguro.. ang angas angas ng pagtatanong sa kanya.. tumatawa pa sya! Loko 'to ah!

"Gusto mo bang ihatid kita sa Mommy mo??" tanong ni Taguro at umiling naman yung bata.

"Ikaw si Tarugo.." sabi nung bata.

"E-Eh?" tanongni Taguro.

"Tarugo.."

"Hahahahahhahahahaha!!!" malakas na tawa ko!

"Ikaw si Ate Tarugo.." ulit nung bata habang nakangiti pa!

"Hahahahaha ang cute nya..." sabat ko pa.

"A-Ahh hehehe.. T-Taguro yun.."

"Tarugo.."

"H-Hindi hehehehe.. Ta.. Gu.. Ro.. Taguro.."

"Tarugo.."

"Bwahahahahahahahha!!!" malakas na tawa ko pa at inis naman akong nilingon ni Taguro at inasar ko lang sya! **"Nyenyenyenye! Hehehehe! Tarugooo!"**

Naupo rin ako sa buhangin at saka tumingin don sa bata..

"Ako naman si Sensui.." sabi ko na konting konti lang ang ngiti.

"Senuswi.."

"Hahahahahaha!" tawa ni Taguro! **"Senuswi! Hahahahahahaha!!!!"**

Ang lakas lakas ng tawa ni Taguro habang nakaturo pa sakin!!!!

Siraulo..

Tumingin ako don sa bata at saka bahagya na namang ngumiti..

"S-Sabayan mo ko ha??" tanong ko dun sa bata at ngumiti naman sya saka tumango. **"Sen.."**

"Sen.." yung bata.

"Su.." ako.

"Su.." yung bata.

"Wi.." ako.

"Wi!" yung bata!

"Sensui!" mabilis na sabi ko pa.

"Senuswi!"

Napapikit ako sa inis at saka pilit na pinakalma ang sarili ko agad at bahagyang nakatingin ulit sa kanya.

"Ta..." muling sabi ko pa.

"Ta.." yung bata.

"Gu.."

"Gu.."

"Ro.."

"Ro!"

"Taguro!" mabilis na sabi ko ulit!

"Tarugo!"

Bakit sya ganyan!?

"Bulol ka!" inis sigaw ko dun sa bata!

"H-Huhu-huhuhu---huhuuwaaaaaaaaaaa!!!"

"O-Oh.." naiusal ko dahil nagulat akong umiyak na naman sya!

"Tss! Ano ka ba!" sigaw ni Taguro sakin na hinampas pa ako!

"Aray!" sigaw ko!

"Bakit mo sinigawan!"

"E b-bulol sya e!"

"Tss! Engot.."

"W-Wag ka ng umiyak.. h-hehehehe.. Tahan na.. Tahan na.. Halika.. ihahatid na kita sa Mommy mo.." mahinang bulong ni Taguro sa kanya at kagulat gulat na agad namang tumahimik yung bata. **"Ihahatid ko lang sya.."** sabi pa ni Taguro at pinandilatan ko naman sya!

"Sasama ako!" sagot ko.

"Wag na! Pinapaiyak mo lang yung bata e!"

"Tch! Iyakin talaga sya! Sasamahan na kita.. m-maraming tao don e.." sabi ko na tumingin pa dun sa itinuro nung bata kanina.

"Tss.."

"Baka may magpakilala pa sayo dun e.. hehehehe.." nakangiting sabi ko at hindi nya naman ako pinansin.

Nakanguso akong sumunod sa kanila..

Nakakatuwang tignan si Taguro at yung bata na magkahawak-kamay na naglalakad sa buhanginan habang kasunod nila ako!

Bwahahahahaha pakiramdam ko ay isang buong pamilya kaming tatlo.. Haaayyy.. Tsk tsk! Taguro.. Taguro.. Taguro.. Taguro..

Nakangiti akong tumabi sa kabilang side nung bata at kinuha ang kamay nya dahilan para magulat sya!

"Hehehehe.. w-wag ka ng matakot sakin.. Tignan mo.. hahawakan namin ni Ate Tarugo yung mga kamay mo tapos patatalunin ka namin.. Gusto mo ba yun??" pang-uuto ko sa kanya at natuwa naman ako nung ngumiti sya ng todo! **"Hehehehe.. bibilang ako ng tatlo tapos tatalon ka ng mataas ha??"**

"Opo!" nakangiting sagot nung bata!

Agad kong nginitian si Taguro at gulan naman akong makitang masama ang tingin nya sakin.

"P-Para hindi na umiyak.." sabi ko na lang dahil parang galit ang dating nung mga tingin ni Taguro sakin!

Ang sungit..

"One.. Two.. Three.." bilang ko. **"Talon! Yaaaa!!!"** masayang sigaw ko pa at nakita ko namang tuwang tuwa yung bata.

"Hahahahahahaha.." yung bata.

"Oh isa pa?! One.. Two.. Three.. Talon!!! Yaaaaa!!"

"Yaaaa! Hahahahahaha! Gusto ko pa po!" yung bata.

"Sige sige.. One.. Two Three.. Talon!!! Yaaa!"

"Yaaaa!!!"

At nagpaulit-ulit yung ginawa naming pagpapatalon sa bata hanggang sa marating namin ang kabilang side nung Hotel kung saan hindi ko man lang napansing may mga kubo kubo rin pala..

Maraming tao at karamihang sa kanila ay mukhang mga bakasyonista ring tulad namin at yung iba ang turista.. Maraming foreigner pero lamang ang pinoy na nakikita ko..

Muling naupo si Taguro sa harap nung bata at tinanong 'to.

"Nasaan ang Mommy mo??" tanong ni Taguro don sa bata.

"Rodessa! Baby!"

Napalingon ako sa likuran ko nung marinig ko ang tawag ng isang babae.. At nakita ko ang isang maganda kahit may edad ng babae..

"A-Ahh hello po.." bati ko sa kanya. **"Baby nyo po?**

"Ahh yeah.. Come here baby.." sabi pa nung babae. **"Thanks.."** nakangiting sabi nya samin. **"I've been looking for you.. where have you been??"** nag-aalalang tanong nung babae dun sa bata.

"I jumped on the beach with them Mommy.."

"Oh really?"

"Yes.."

"Are they your friend??"

"Mmm.." tatangutangong sagot nung bata sa kanya at nakangiting hinalikan naman sya sa pisngi ng Mommy nya at saka bumaling samin.

"Nakuuu.. pasensya na kayo sa abala.. Kanina kasi ay namimili ako dito, biglang tumakbo 'tong baby ko.. Kanina pa nga ako hanap ng

hanap e.. Pasensya na talaga.. At salamat ng marami.." sabi nung babae samin habang hinehele pa yung bata. "**Salamat talaga..**"

"**It's okay.. ang cute baby mo..**" nakangiting sabi ko pa.

"**Ahh salamat heheheheh..**" nakangiting sagot nya at saka pinagmasdan kaming dalawa ni Taguro. "**You're a really cute couple.. You look wonderful together..**"

"**A-Ahh.. hehehehe.. Thank you---**"

"**Tss..**"

Sana nakisama na lang.. Buset!

Nagulat yung babae sa singhal ni Taguro kaya naman parang inaninag nya pa ang mga mukha namin! Nagpapalit palit ang tingin nya saming dalawa ni Taguro na para bang nagtataka!

"**Next time.. wag mo hahayaang magpakalat kalat ang baby mo.. Dahil hindi mo alam kung sinu-sino ang masasama at mababuting tao sa paligid mo..**" si Taguro.

Gulat akong napatingin kay Taguro at masama ang tingin nya dun sa babae! Napatingin naman ako dun sa babae at nagulat na lang ako nung biglang talikuran sya ni Taguro at naglakad papalayo samin!

"**S-Sorry.. Sorry..**" napapahiyang sabi ko dun sa babae.

"**Its okay---**"

"**Sorry..**"

"**Its okay..**"

"**Bye..**" sabi ko pa at saka tumingin muna dun sa bata bago tinalikuran yung babae.

"**Hey! Thank you so much!**" dinig kong sigaw pa nung babae pero hindi ko na sya pinansin!

Mabilis kong hinabol si Taguro na tanaw na tanaw ko namang naglalakad ng mabagal!

Kaya naman hinawakan ko agad sya sa braso nung maabutan ko sya..

Habol habol ko pa ang paghinga ko nung magtama ang paningin naming dalawa..

Salubong ang kilay naman nyang tumingin sakin!

"**Sabi ko sayo.. ingatan mo yung paa mo!**"

Nagulat ako sa biglang pagsigaw nya!

"**T-Taguro..**" naiusal ko at iniiwas naman nya ang paningin nya! "**A-Ano bang nangyayari sayo??**" takang tanong ko at hindi naman sya sumagot.

Taka akong napalingon dun sa kinatatayuan namin kanina habang kausap yung babae at saka muling tumingin kay Taguro.

"Kilala mo ba yun??" nag-aalalang tanong ko.

"Hindi.." deretsong sagot nya.

"E b-bakit ka nagkakaganyan?"

"Tss.. ang sabi ko lang, ingatan mo yang paa mo.. Alam mo namang hindi maganda ang lagay ng paa mo, tumakbo ka pa talaga para lang masundan ako.."

"T-Teka nga.. teka nga.." sabi ko pa na pilit na iniharap sya sakin. **"Hindi kita maintindihan e.."**

"Tsa!" inis na sigaw nya pa! **"Ano bang mahirap indihin dun sa sinabi ko?"**

"Kasi naman.. kinakausap tayo ng maayos nung babae.. tapos sinabihan mo sya ng ganon tapos tatalikuran mo kami e kinakausap pa tayo?? Tapos ngayong sinundan kita.. nagagalit ka at yung paa ko naman ang pinupuntirya mo.. A-Ano bang nangyayari sayo?" kabadong tanong ko.

Hindi sya sumagot..

Dinig ko ang buntong-hininga nya at dahan dahan syang umalis sa pagkakahawak ko sa braso nya..

"Taguro.." habol ko pa.

"Kyaaaaaaaaa!"

"OMG.."

"Gaawwddd he's so gwapo.."

"Crush ko sya ah!"

"How can he be this gwapo?!"

"I know right?!"

Dahan dahang akong napalingon sa tabi ko at napatingin dun sa tatlong babae'ng nasa tagiliran namin!

"Hello.." sabi nung isa sa tatlong babae habang nakatingin sakin!

Hindi ako nakasagot sa kanya at agad akong napabitaw sa pagkakahawak ko kay Taguro.

"Tss.." dinig kong singhal nya pero hindi ko na sya pinansin.

"I-I'm Jovie.." pakilala nya.

"H-Hi.." sagot ko.

"Ako naman si Djiane Lynda!" sabi nung pangalawa.

"And I'm Lailarose.." sabi nung pangatlo.

Ako ba ang kausap nila?!

"What's you're name??" nakangiting tanong uli nung Jovie.

"A-Ahh.. Deib.. I-I'm Deib.."

"Deib???"

"Yeah.. Deib Enrile.."

"OMG! I knew it!"

Kilala nya ako??

"E-Excuse me?" kunwaring tanong ko.

"We're from Napiere International School! Kayo yung kalaban nung school namin the other day! OMG! Hindi ko inaasahang makikita ka namin dito!"

"A-Ahh.."

"Alam mo bang kasasabi ko lang kanina na sana makita kita?! And then.. Oh my God.."

Ano bang sinasabi nya!?

"B-Bukas.. sa School nyo na ang Interhigh right?? S-Sa BIS na, right??" tanong nya pa ulit at tumango ako. **"Ahh.. M-Mmm.. can I watch you??"** tanong nya na parang excited nang marinig ang sagot ko.

"A-Ahh sure.. sure.." nahihiyang sagot ko.

"Kyyyyaaaaa!!!"

"OMG!"

"Ow Em.. Jovie.. Kyyyaaaa I envy youuuu!!!" sabi nung pangalawa.

"S-Soo.. I'm expecting to see you tomorrow??" tanong na naman nung Jovie.

"A-Ahh.. okay.."

"Kyaaaa!! Yiiieeee..."

"Let's go, Jovie.."

"It really is my pleasure to meet you Deib.. It was nice seeing you here.." yung Jovie.

"Yeah.. nice to meet you too.. All of you.." naiilang pa ring sagot ko.

"Nice meeting you Deib.. don't forget my name ha?? It's Djiane.. hehehehe.."

"And I'm Lailarose! Heheheheh.. see you tomorrow!"

"Yeah.. s-see you.." sagot ko sa kanila.

"Bye!"

"Bye.."

Nung makaalis na sila ay saka ako muling humarap kay----

TING!*TING!*TING!*TING!

Parang nagblink yung lugar kung saan nakatayo si Taguro kanina nung paglingon ko ay wala na sya!!!

Nasan na yun!?

Taguroooooo!!!!

Inis akong nagpalinga linga sa paligid para hanapin si Taguro!

Saan na ba nagpunta yun!?

Inis akong naglakad hilera nung mga kubo kung saan mas maraming tao at gulat akong makita ang mga tyangge na nandon..

Napatingin ako isa-isa sa mga yun habang lumilingon lingon pa rin sa paligid ko para tignan kung nandon si Taguro.

Munit napahinto ako nung may makita ako..

Isang hindi ko malaman kung teddy bear na rabbit, aso, bear o ano!

Kulay beige na stuffed toy. Mahaba ang tenga nya! Checkered na dilaw at gray ang suot at hindi maganda! Nag-iisa syang nakaupo sa mga stuffed toys na kahilera nya pa!

Oo! Hindi yun pangit pero hindi rin maganda!

Muling sumagi si Taguro sa isip ko kaya naman..

Si Taguro nga pala! Tsk!

Inis akong tinalikuran yung tindahan pero..

Napahinto pa rin ako para lingunin yun..

Muli akong lumapit sa tindahan pero..

Pagkapa ko sa bulsa ko ay walang laman!!!

Badtrip!!!

Napatingin ako dun sa tindera at nakatingin rin sya sakin habang nakangiti.. Kaya naman nginitian ko rin agad sya at saka ako lumapit sa kanya..

"A-Ahh.. Mam.." napapalunok na sabi ko sa kanya. **"P-Pwede ko po bang ipatago muna 'to?? Babalikan ko na lang??"**

"Ahh.. ito ba kamo??" turo nya dun sa nagustohan ko. Nakangiti naman akong tumango agad sa kanya.

"Opo.. Opo.."

"Ahh sige.."

"Salamat po.."

"Balikan mo ako bago maghapunan.."

"A-Ahh hehehehe.. Maya mayang after lunch.. babalik po ako.."

"Sige.. hihintayin kita.."

"Salamat po ulit.." nakangiting sabi ko at saka tatangu-tangong tinalikuran sya at saka umalis sa lugar na yun at bumalik kung saan kami nag-uusap ni Taguro kanina sa harap ng dagat..

At parang nakahinga naman ako ng maluwag nung makita kong kausap nya na si Mang Pitong..

May kasama rin silang dalawang babae..

At saka ako naglakad papalapit sa kanila..

Agad naman akong napansin nung dalawang babae na syang nagpakilala sakin kahapon sa kubo..

"Hi Deib.." si Gabs.

"Hi.." nakangiting bati ko sa kanila ni Patricia.

Nilampasan ko sila at saka ako dumeretso kay Taguro dahilan para matigilan sila sa pag-uusap ni Mang Pitong at lingunin ako. Blangko ang mukhang nilingon ako ni Taguro samantalang nakangiti naman si Mang Pitong dahilan para ngitian ko rin muna sya bago ako bumaling kay Taguro.

"Nag-alala ako sayo.. bakit mo ba ako iniwan?" mahinang bulong ko sa kanya.

"Maya maya kasi ay uuwi na kami.. kaya nung nakita ko si Mang Pitong, nilapitan ko na.." mahinang sagot nya rin.

"Tch.." nakangusong singhal ko sa kanya. **"Yun na nga e.. maya maya lang hindi na kita kasa---"**

"Manahimik ka nga.." inis na singhal nya sakin at nagulat naman ako.

Bakit ba ang sungit sungit nya ngayon!? Kahit kailan napakawirdo nya! May oras na mabait sya at may oras namang hindi! Hindi ko na sya maintindihan!

Muli syang humarap kay Mang Pitong at saka sila nag-usap.

"Kadalasan kasi ay.. maglalagay lang sila ng beach chair dyan at panonoorin ang kapayapaan ng dagat.. hahahahaha!" nakangiting sabi ni Mang Pitong kaya nakinig ako sa kanila. Pareho silang nakatalikod sakin at nakatingin sa dagat. **"Paminsan minsan nama'y niyayaya ng Daddy mo ang Mommy mo na gumala sa ibang isla.. pero kadalasan talaga ay nandito lang sila.. Hindi kasi mahilig mag-aaalis ang Mommy mo.. ang hilig nya lang ay tignan ang dagat.. Nung minsan nga'y inabot sya ng magdamag sa harap nitong dagat.. Pinanood nya lamang ang pagputok at paglubog ng araw.."**

Weird..

"Hindi sya kumain nun.." natatawang dagdag pa ni Mang Pitong. **"At yun yung panahon na hindi nya kasama ang Daddy mo.."** biglang malungkot na sabi ni Mang Pitong. **"Yun na rin ang huling beses naming makita sya dito.."**

"Bakit ho?" interesadong tanong ni Taguro.

"**Kung bakit ay hindi ko alam.."** malungkot pa ring sagot ni Mang Pitong na napatungo pa sa net na hawak nya. **"Nung mga sumunod na taon ay mag-isa na lamang bumabalik dito ang Daddy mo at wala na rin syang ginawa kung hindi panoorin ang dagat ng walang kainan.. Parang sya ang pumalit sa ginagawa ng Mommy mo.. Pero nung sumunod lang ring taon, hindi na rin muling nagpakita pa dito ang Daddy mo.."**

Ano kayang nangyari!?

"Kung ganon.. eto lang pala talaga yung lugar kung saan madalas syang magpunta?" tanong ni Taguro.

"Mmm.. dito mismo sa kinatatayuan nating ito.."

Napatingin ako sa tinatapakan ko.. at saka ko nilingon ang paligid..

At doon ako namangha sa mismong lugar..

This is... great..

Mas namangha ako sa lugar..

"O sya pano?? Maiwan na muna namin kayo.." nakangiting sabi ni Mang Pitong at saka tumingin sakin at tinapik ang likod ko.

"Babalikan ko na lang kayo mamaya.." nakangiting sabi pa ni Mang Pitong at saka kami tinalikuran..

Pinanood ko pa sila habang papalayo at saka ako tumingin kay Taguro..

Salubong ang mga kilay nya at bahagyang nakabukas lamang ang mga mata nya.. Malungkot na naman ang mga matang pinanood nya ang dagat..

"N-Nasan sila Maxwell?" kunwaring tanong ko. Hindi sya sumagot at lumingon lang sa isang side nung dagat dahilan para lingunin ko rin yun at nakita ko sila Parrot, Maxwell at Maxrill na masayang naliligo. Muli akong tumingin sa dagat bago ko sya lingunin. **"Alam mo ba kung nasaan tayo Taguro??"** mahinang usal ko at taka naman syang napalingon sakin.

"Ha?"

"Alam mo ba kako kung nasaan tayo?"

"Tss.. ano bang tanong yan?"

"Nasa gitna tayo ng buong island.."

"Malamang.."

"Mismong gitna.." mahinang bulong ko pa na hindi inaalis ang paningin ko sa kanya..

Natigilan sya..

Hindi sya nakapagsalita..

Dahan dahan syang tumingin sa kaliwa nya at saka tumingin sa kanan nya.. Lumingon sa likuran at saka tumingin sa harapan.. Doon sya lalong natigilan..

"Nasa gitna tayo ng islang nasa gitna rin ng karagatan.. Taguro.." mahinang usal ko.

"P-Pano mo nasabi yun?" tanong nya.

"Isang tingin ko lang kasi.. parang nasusukat ko na yung bawat metro at pagitan ng lugar na 'to.." nakangiting sabi ko. **"Parang kayang sukatin ng mga mata ko ang buong area na 'to.."**

"Tss.."

"Seryoso! Hehehehehe.." mayabang na sabi ko pa at hindi nya naman yun pinansin. Bumuntong-hininga sya at saka tumingin ulit sa dagat. **"May nalaman ka ba tungkol sa Mommy mo??"**

"Wala.."

"E anong pinag-usapan nyo ni Mang Pitong?"

"Sinabi nya lang sakin na ito nga mismo yung lugar kung san sila madalas noon.. Minsan ay pumupunta sila don.." turo ni Taguro sa mapuno'ng parte nung isla. **"Minsan naman ay doon.."** turo ni Taguro sa mabuhanging parte nung isla. **"Pero kadalasan ay dito.."** sabi nya na tumingin pa sa kinatatayuan nya. **"Dito mismo sa kinatatayuan ko'ng 'to.."**

Napatingin ako sa mga mata nya habang nagsasalita sya..

Kitang kita ko kung paanong namasa ang mga mata nya..

"Ang hirap alamin kung.. a-anong pakiramdam ng meron kang nanay.." mahinang dagdag nya.

Mas naging malungkot ang mga mata nya at kumukurap kurap pa sya para mawala ang mga luhang namumuo sa mata nya..

Hindi ko maintindihan kung bakit pakiramdam ko ay may kaunting kirot sa dibdib ko habang pinagmamasdan ko syang nalulungkot..

Dahan dahan akong naglakad papunta sa likuran nya at niyakap sya doon..

Ramdam kong nagulat sya dahil bahagyang tumaas ang mga balikat nya pero hindi nya alam ang gagawin..

Dahan dahan ko ring ipinatong ang baba (chin) ko sa kaliwang balikat nya dahilan para magtabi ang mga pisngi namin.

"A-Anong ginagawa mo?!" tanong ni Taguro pero hindi ko sya agad sinagot.. Ngumiti lang ako at mas hinigpitan ang pagkakayakap ko sa kanya. **"D-Deib..??"**

"We're too young to be this sad.. But I don't care if you stay up crying all day long, I will stay with you.." mahinang bulong ko at naramdaman ko ang bahagyang pagbagsak ng balikat nya.

Sandaling katahimikan ang namagitan sa amin habang nasa ganoon kaming posisyon..

Nakakailang pero.. lamang pa rin yung sarap sa pakiramdam..

Kinakabahan ako pero.. kumportable naman ako sa ginagawa ko..

MAX'S POV

Hindi ko alam ang mararamdaman ko..

A hug from the back is sweet for me.. but this one's making me nervous..

Hindi ko alam kung dahil ba sa yakap nya.. o dahil sa kanya mismo..

"I admire you for staying strong even when you have every right to break down.." mahinang bulong pa ni Sensui at napatungo naman ako.

Ewan ko kung bakit hindi ko mailabas ngayon ang tunay na nararamdaman ko..

Nalulungkot ako sa mga nalaman ko pero pakiramdam ko naman ay wala na ring magagawa pa ang mga luha ko..

Kelan ba kasi masasagot lahat ng tanong ko?

"Hindi ko alam kung pano ko aalisin yung lungkot na nararamdaman mo.." mahinang sabi ko pa ramdam ko sa mukha ko ang pagkurap ng mga mata nya na posibleng dahil sa pagpipigil nya ng mga luha nya.

"Hindi mo naman kailangang gawin yun e.." mahinang sagot ko habang pinapanood ang hampas ng tubig sa dalampasigan.

"Nararamdaman ko kasi yung lungkot mo e.." mahinang sabi rin nya at dun ko naramdaman ang pamamasa ng mga mata ko.

Ganon na ba talaga kalungkot ang pagkatao ko? Para pati yung mga tao sa paligid ko mahawa sa nararamdaman ko??

Bahagya kong pinunasan yung mga luha sa magkabilang mata ko at huminga ako ng malalim.

"Yung sa babae kanina.." biglang sabi ko. **"Nainis ako sa kanya dahil hindi nya inalagaan ang anak nya.. Pano kung nawala yung bata at**

hindi tayo ang nakakita sa kanya?"

"Kaya ba nagkaganon ka kanina??"

"Mmm.. kasi pakiramdam ko.. tulad sya ng ermats ko.. pabaya.."

"Taguro.."

"Totoo.." seryosong sabi ko at hindi ako tumingin sa kanya. **"If she cares for her.. dapat mas tutok sya sa anak nya kesa sa ibang ginagawa nya.. Dahil bukod sa kanya.. wala ng ibang pwedeng mag-alaga sa anak nya tulad ng pag-aalagang maibibigay nya.."**

"Don't talk like that.. h-hindi nya naman siguro sinasadya yo---"

"Kahit pa.. Bakit hindi nya man lang hinanap dito?! Tss.. hindi man lang sya lumayo kung saan sila pumunta nung bata.. Daig pa sya nung batang nakarating pa dito.."

"Don't mind them.. tapos na yon.."

"Tss.."

"O e bakit mo ko iniwan nung may kausap na akong mga babae??" nakangising tanong nya.

Tss.. ano namang gustong palabasin nito?!

"Nag-uusap kayo e.."

"Bakit?! Hindi ka ba pwedeng makinig?!"

"Hindi ako interesado sa sinasabi ng iba Sensui.. tatak mo sa isip yan.."

"Kayabangan talaga.."

"Honest nga lang kasi.."

"Tch! Mayabang kana.. bastos ka pa! Grabe yung sinabi mo dun sa babae kanina.."

"Dapat lang sa kanya yun.."

"Taguro.. w-wag ka namang ganyan.."

"Sabi ko naman sayo.. minsan kailangan nating makarinig ng masasakit na salita para matandaan natin yung sinasabi nila.."

"Yeah right.."

Sandaling katahimikan ulit ang nangibabaw bago sya muling nagsalita.

"Kung nandito kaya ang Mommy mo ngayon.. sa tingin mo m-magugustohan nya ako?"

"Hindi.."

"Ha?! B-Bakit naman!?"

"Masyado ka kasing bata para sa kanya.."

"Loko!" inis na sigaw nya! **"Hindi yun ang ibig kong sabihi--"**

"Alam ko.. binibiro lang kita e.."

"Kahit kailan ang pangit ng biro mo.." inis na sabi nya at hindi naman ako kumibo. **"Sa tingin mo anong masasabi nya sakin bilang manliligaw mo??"**

"Ewan ko.."

"Aissshhh!!! Bakit hindi mo alam?!"

"Dahil hindi ko naman sya kilala.." natatawa kunwaring sabi ko. **"Hindi ko alam kung pano sya mag-isip.. hindi ko alam kung pano sya magsalita.. hindi ko alam kung pano sya umasta.. Wala akong alam sa kanya.. hindi ko alam ang mga kilos at galaw nya.. kaya hindi ko masasabi kung anong masasabi nya sayo.."** sabi ko na tumingin pa sa kanya at natigilan naman sya.

"S-Sorry.."

"Wala yun.. sanay na ako.."

Huminga sya ng malalim.

Napaisip naman ako ng matagal..

Sandaling katahimikan na naman bago ako nagsalita..

"Nasasaktan sa twing maiisip kong.. h-hindi ko man lang maalala kung anong tunog ng boses nya.." gumagaralgal ang boses na usal ko.

"T-Taguro.."

"It's just that.. I wish she'd always be here.. beside me.." malungkot na sabi ko.

At kasabay ng buntong-hininga ko ay ang sunod sunod na patak ng luha sa mga mata ko. Pinigilan kong humikbi..

"I know it will always feels different to have her by my side.." dagdag ko pa. **"I actually cry out everytime I remember what her voice sounds like.."**

Pilit akong kumukuha ng hininga para wag nyang maramdaman ang pagpipigil ko ng luha.. pero mahirap para sakin dahil nararadaman ko na naman ang sakit..

Ang sakit na hindi kailanman nawala sa puso't isip ko..

Kung bakit hindi nya man lang ako hinarap maski isang beses sa buhay ko..

Kung paano nya natiis na hayaan akong danasin lahat ng sakit na pinagdaanan ko..

Kung bakit wala sya nung mga oras na kailangan ko ng isang ina..

Mga oras na kahit may kasama ako pakiramdam ko ako lang mag-isa..

Maraming tao sa paligid ko pero.. sya ang kailangan ko.. Kahit hindi ko sya kilala.. SYA..

Sya lang ang kulang sa buhay ko..

"U-Umiiyak ka ba?" malumanay na tanong nya. Ramdam na ramdam ko ang paggalaw ng mga pisngi nya sa pisngi ko. Hindi ko sya sinagot at pilit ko pa ring pinigilan ang pagluha ko. **"K-Kung gusto mo talaga ng M-Mommy.. pwede mong maging Mommy ang Mommy ko.."** biro nya pa at napangiti naman ako. **"Ayan.. ngingiti ka lang hehehehe.. Kasi.. i-iisipin ko pa lang na malungkot ang babae'ng mahal ko.. parang dinudurog ang puso ko Taguro.."** malambing na sabi nya pa at napatungo naman ako. **"Pero seryoso.. kung talagang gusto mong maramdaman kung anong pakiramdam ng merong Mommy.. d-dadalin kita sa Mommy ko.."**

Napangiti ako..

Thank you Sensui..

Nabawasan ang lungkot sa dibdib ko..

Gumaan rin ang pakiramdam ko..

"Tss.. edi level up ka na naman nun??" biro ko at ramdam ko namang napatingin pa sya ng bahagya sa gawi ko.

"Tch.. hahahahahaha! Nagbabakasakali lang.."

Pero natawa talaga ako sa sinabi nya..

O sabihin na nating natuwa ako..

"Pero pwede ring.. ikaw na lang ang magparamdam sa mga mgiging anak mo kung anong pakiramdam magkaron ng isang Mommy.." bahagyang natatawa pa kunwaring sabi nya. **"Gusto ko ng isang dosenang anak na kamukha mo.. Taguro.."** malambing ang tonong dagdag nya pa.

"Yung anim.. tuturuan mong magbilyar.. tapos yung kalahati tuturuan kong magbasketball! Hahahahahahaha----"

"A-Anong bang sinasabi mo dyan----"

****TSUP****

****TUG!*DUG!****

****LUNOK!****

****TUG!*DUG!****

Eksaktong paglingon ko ay...

NAGKADIKIT ANG GILID NG MGA LABI NAMIN!

Inis akong inalis ang mga kamay nyang nakayakap sakin at bahagya akong napalakad papalayo..

TUGUDUG!

Dahan dahang bumilis ang tibok ng puso ko..

TUGUDUG!**TUGUDUG!

Peste..

Mas kinabahan ako nung maramdaman kong hawakan nya ang braso ko..

TUGUDUG!**TUGUDUG!**TUGUDUG!

Dahan dahan nya akong iniharap sa kanya..

At nagtama ang paningin namin..

"I don't really want to this but.." lumulunok pang sabi nya habang nakatingin sa mga labi ko!

TUG!*DUG!

A-Anong g-gagawin nya!?

"I need to kiss you.." bulong nya at saka ako hinila..

TUG!*DUG!

Hinawakan nya ako sa bewang at mabilis na inilapit sa kanya habang nakatingin pa rin sa mga labi ko!!!

TUG!*DUG!

Ramdam ko ang pag-init ng noo ko at pakiramdam ko ay sandamakmak ng pawis ang namuo don!

Dahan dahan nyang inangat mula sa labi ko papunta sa mga mata ko ang paningin nya at nagtama ang paningin namin!

Nanginginig ang mga kamay nyang hinawakan ang pisngi ko at dahan dahan nyang inilapit ang mukha nya sa mukha ko..

TUGUDUG!**TUGUDUG!**TUGUDUG!

W-What t-the..

Napapikit ako..

Naikuyumos ko ang dalawang kamay ko nung maramdaman ko ang mga labi nya sa labi ko..

TUGUDUG!**TUGUDUG!**TUGUDUG!

Matapos ang ilang segundo ay ang labi nya ang kusang humiwalay sa mga labi ko..

Naidilat ko ang mga mata ko at kitang kita ko kung paanong nakapikit pa rin syang dahan dahang inilalayo ang mukha nya sa mukha ko..

Ang paghalik na ginawa nya sakin ay hindi tulad nung mga nakikita ko sa palas..

Nagdampi lang ang mga labi namin pero...

KAKAIBA ANG EPEKTO SAKIN!!!

WTF did just happened?!

Muling nagtama ang paningin namin nung tuluyan na kaming magkalayo..

Magkadikit ang mga katawan namin at iilang sentimetro lang ang layo ng mukha nya sa mukha pero pakiramdam ko ay sobrang layo nun!

Napatindi ng sikat ng araw pero pakiramdam ko masyadong madilim ang paligid!

Maraming tao pero napakatahimik ng paligid ko!

A-Anong nangyari!?

A-Ano yung g-ginawa namin!?

Did he just kissed me!?

"Taguro.." pormal na tawag nya sakin at hindi ako makatingin!

Hindi ko sya matignan!

Napatingin ako sa kanan..

Napatingin ako sa kaliwa..

Napatingin ako sa baba..

Fvvvvvvvvvvvvvvccccccckkk!!!!!!!!

NAPAATRAS AKO PAPALAYO SA KANYA!

"T-Taguro.." malambing na namang tawag nya!

Damn that malambing! Anong malambing! Bakit malambing?! Badtrip!

Hindi ko alam kung anong sasabihin ko!

Hindi ko alam kung anong gagawin ko!

Ang bilis bilis ng tibok ng puso at anytime parang mababaklas lahat ng ribs ko!

Hoy the heck should I react on this one?! Ha?! How?!

Wala 'to sa bokabularyo ko por jusme jusme!!!!

"H-Huy.." sabi nya pa na parang naiilang na lapitan ako!

Hindi ko talaga sya matignan!

"Okay I'm s-sorry.." mahinang usal nya pa. **"S-Sorry.."** mahinang sabi nya at sya ang kusang umalis..

At parang tangang naiangat ko pa ang mukha ko para makahigop ng hangin sa ere na akala mo ba'y nanggagaling rin sa dagat ang kailangan kong hangin sa katawan!

B-Bakit?!'

Bakit ganito?!

Sya???

Napatingin ako sa naglalakad papalayo'ng si Sensui..

S-Sya ang first kiss ko?!

Napapangang dinuro ko ang likuran nya at saka napahawak sa noo ko habang nakapamewang ang isang kamay ko!

"Jusko.." mahinang usal ko. **"Lalagnatin yata ako.. Ha..."**

Sunod sunod ang naging paghinga ko..

DEIB'S POV

BOBO! BOBO!

Badtrip! Bakit ko ba ginawa yon!?!

Nakakainis! Badtrip!

Sorry.. huhuhuhuhu..

"Nakakainis!" mahinang singhal ko pa habang naglalakad papasok ng hotel!

Nabastos ko kaya sya??

Tsk! Bakit ko ba kasi ginawa yon!?

Nabigla rin ako sa ginawa ko pero.. hindi naman sobrang bigla dahil ginusto ko talagang gawin yun!

Hindi ko napigilan ang sarili ko dahil masyadong naghalu-halo yung emosyon ko!

Malungkot..

Masaya..

Nakakatawa..

Nakakakilig..

Lahat yan nagsama-sama..

Pero bakit pakiramdam ko.. h-hindi pa rin sapat lahat yan na maging dahilan para gawin ko yon?!

Okay na kaya yung sorry na sinabi ko!?

"Good morning Sir.." bati sakin nung clerk kaya naman pilit ang ngiting tinanguan ko sya.

"G-Good morning.." sagot ko at tumango rin sya at saka ako nagtuloy sa paglalakad papalapit sa elevator!

You kissed her and said sorry after?! WTF Deib!? WAT DA PAk!!!!!!

Naiinis ako sa sarili kong ginawa! Nababadtrip ako dahil masyado akong nagpadala sa emosyon ko!

Pano kung isipin nyang sinasamantala ko yung advantages ko sa kanya?!

Pano kung isipin nyang masyado akong mabilis?!

Pano kung isipin nyang bastos ako?!

Taguro.. please.. hindi ako ganon..

Bagsak ang mga balikat na pumasok ako sa elevator..

Pero pagkaakyat ko sa floor namin..

Demmit!!!

Don ko naalalang wala akong susi ng kwarto!

Inis akong napalingon sa elevator at pataas ng pataas ang bilang sa monitor nito!

Tumingin ako sa dulo ng hallway at may nakita akong terrace kaya naman naglakad ako papalapit don..

Dito na muna ako..

Binuksan ko ang glass sliding door at naupo sa plastic bench na nandoon..

Saka ako napahawak sa labi ko..

At unti-unti'ng lumabas ang mga ngiti sa labi ko..

"Ang lambot lambot ng lips nya.. hehehehehehe.."

Napangiti ako ng todo at naisandal ang likod ng ulo ko sa sandalan..

Saka ako muling tumingin dagat at pinagmasdan yun..

Gustong gusto na kitang mahalin ng todo Taguro.. Pakiramdam ko kasi.. may mas ilalala pa 'tong nararamdaman ko hehehehehe.. Parang araw-araw tumitindi..

Napatingin ako sa paa ko..

Badtrip!!!

Bwahahahahahahahaha!!! Hindi na kita ramdam ah!?

Natawa ako sa sarili kong naging reaksyon..

Nakaramdam ako ng antok at isinandal ko todo ang buong likod ko at saka ko ipinatong sa pasimano ang dalawang paa ko at saka ako natulog..

10

9

8

7

6

5

4

3

2

1

~RING! RING!~

"Mmm.."

~RING! RING!~

"Mmmm.."

~RING! RING!~

Dali dali akong napaayos ng upo at kinuha ko ang cellphone ko sa bulsa ko!

~ ♥♥♥ Taguro ♥♥♥ Calling. . . ~

"H-Hello!?" sagot ko.

"Nasan ka?!"

"N-Nandito sa---"

"Saan!!"

Galit ba sya?!

Bahala na!

"N-Nasa terrace dito sa floor natin.. k-kanina kasi pag-akyat ko dito.. d-don ko lang naalalang wala akong susi kaya hindi ako nakapasok sa kwarto nat---"

"Dyan ka lang.. pupuntahan kita.."

****TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!****

"S-Sige----"

****TOOT!*TOOT!*TOOT!****

BINABA NYA!

Napatingin ako sa screen ng cellphone ko habang

Anong sasabihin nya!? Huhuhuhuhu baka patayin nya na ako!

~KNOCK! KNOCK!~

Napaayos ako sa pagkakaupo at saka dahan dahang lumingon sa pinto.

T-Taguro.." usal ko.

"Anong ginagawa mo dito?" blangko ang mukhang tanong nya.

"N-Nagpapahinga.." kabadong sagot ko. Hindi naman sya agad sumagot at tumingin sa paa ko.

Pano ko ba naman mapipigilan ang sarili ko kung ganyan ka ng ganyan Taguro!?

"Uuwi na kami..."

Mabilis na bumalik sa ulirat ang isip ko!

"A-Ang bilis naman?!" tanong ko.

"Mmm.. kailangan na naming umalis.. 2 hours before ng flight kailangang nandon na.." seryosong sagot nya at tumingin naman ako sa relos ko. **"10am pa lang.."**

"Malayo 'to sa Airport.. Halika na don.. kumain muna tayo.. Ayusin mo na rin ang gamit mo para mamaya kapag ikaw naman ang aalis---"

"Taguro.." mabilis akong tumayo at humarap sa kanya. Hindi sya nagulat at tumingin lang sya ngderetso sa mga mata ko.

KINABAHAN AKO!

Hindi ko maintindihan pero kinabahan talaga ako nung makita kong hindi man lang sya nagulat sa ginawa kong paglapit sa kanya samantalang ako ay ilang na ilang na at nanginginig na sa kaba!

Tapos sya?? W-Wala lang!?

Demmit!

"Pumunta na tayo don.." usal nya nung hindi ako makapagsalita.."

"T-Teka.." pigil ko sa kanya.

"Ano ba yun?"

"Sorry don sa kanina---"

"Forget it.."

Bakit?!

"I already did.." dagdag nya pa at saka tumalikod sakin at naglakad papalayo..

"T-Taguro.." mahinang usal ko habang pinapanood sya papalayo..

Hindi ko maintindihan yung biglaang matinding kirot na naramdaman ko..

S-Sana mali yung pagkakaintindi.. I'm sorry..

Pilit kong nilakasan ang loob ko at saka ako naglakad papunta sa room..

Room.

"Where have you been? How's your foot?" si Maxwell.

"A-Ahh.. Okay na.. Thanks.."

"That's good.. pero ipatingin mo pa rin pagdating mo? Pang first-aid lang yung binigay ko sayo.. mas maganda pa rin kung maipapakita mo sa specialist.."

"S-Sige.. Salamat ulit.."

"Let's eat.." nakangiting yaya nya pa at naupo naman ako sa tabi ni Taguro.

Hindi ko maiwasang hindi mapatingin kay Taguro habang nagsasalin sya sa plate nya ng food..

Pero hindi ko rin maiwasang hindi kabahan sa twing mararamdaman kong tinitignan nya rin ako sa gilid ng paningin nya kaya naman mabilis ko ring naiiwas ang paningin ko sa kanya.

"Anong oras ang flight mo, Deib!?" si Parrot.

"4:00pm.." sagot ko.

"Ahh.. mamayang alauna umalis ka na rin dito.."

"Mmm.."

"Kinausap ko na rin si Mang Pitong.. pagkahatid nya samin ay ihahatid ka rin nya mamaya.." dagdag ni Maxwell.

"S-Salamat.." nahihiyang sagot ko.

"Did you enjoy your stay, Hyung?" tanong sakin ni Maxrill.

Is he talking to me!?

"M-Me??" turo ko sa sarili ko at tumango naman syang parang bata!

Hindi agad ako nakasagot at napatingin ako kay Maxrill ng todo..

Hyung?! H-He's calling me Hyung?!

Hahahahahahahahahahaha! Now this is great!

His Noona got angry and now he's calling me Hyung.. Funny..

"Y-Yeah.." naisagot ko.

"Eh?! Hahahaha. Jeongmalyo?!" tanong nya pa.

"A-Ahh hehehe.. ye.. jeongmal.." nakangiting sagot ko at iiling iling naman sya na parang nagtataka!

Nagtataka ba sya kung bakit nag-enjoy ako?! Aiiissshh! Mga abnoy talaga 'tong magkakapatid na 'to! Buti pa si Maxwell.. matinu-tino!

"May laro kaya tayo bukas Max??" tanong ni Parrot kay Taguro at nagkibit-balikat lang 'to.

"Meron.." sabat ko.

"Oh?! Pano mo nalaman!?" tanong sakin ni Parrot.

"Naipost kasi yung sched bago ako umalis.."

"Talaga?!"

"Mmm.. 8:00am bukas ang laro nyo.."

"Aissshh! Ang aga naman?!"

"M-Malay ko.." nakangusong sagot ko.

"Sino bang gumagawa ng sched?! Ang panget!"

"H-Hindi ko alam.."

"Nakita mo ba kung sinong kalaban?"

"Luna.."

"Na naman!?"

"Mmm.."

"Aww.."

Hindi na kami nag-usap usap at nagtuloy na lang kami sa pagkain..

Maya maya pa..

Paalis na sila..

Hindi pa rin ako kinakausap ni TAGUROOOOO!!!!

Tagurrrrooo.. please don't leave like this..

Mukha akong tangang nakaupo sa sofa at pinapanood silang inaayos isa-isa ang mga gamit nila..

Kinakagat ko ang kuko ko sa daliri ng kanang kamay ko at ang kaliwang kamay ko naman ay pinapatunog ko..

Arrrgghhh! I hate this feeling!

Ayokong umalis si Taguro!

Gusto kong maiwan sya dito..

Kasama ko..

Kaming dalawa lang..

Ano bang naiisip ko!

Erase.. erase..

Kaming dalawa.. sa harap ng dagat ulit.. parang kanina..

"Hoy.."

Naiangat ko ang paningin ko at nagtama ang paningin namin ni Taguro.

"Aalis na kami.. Ayusin mo na yung mga gamit mo para hindi ka magmadali sa pag-aayos mamaya.." pormal na usal nya at napatayo naman ako.

"I-Ihahatid ko na kayo.." mahinang sabi ko at hindi naman sya sumagot at naglakad na papalabas..

Galit talaga sya sakin!!!!

"Anong nangyari dun!?" tanong sakin ni Parrot na talagang nagtataka! Napatingin naman sina Maxwell at Maxrill sakin! **"Nag-away ba kayo??"**

"H-Hindi ko alam.." sagot ko.

"Bakit hindi mo alam??"

"E-Ehh k-kasi---"

"Aiissshh.. tsk tsk tsk.. Yan na nga ba sinasabi ko e.. Hindi pa man kayo.. hay nako... Tara na nga!" yaya ni Parrot at naglakad palabas, sumunod naman si Maxrill sa kanya.

"Here's the room key and card.. Later, you can leave the room as it is.." nakangiting sabi ni Maxwell na inabot ang susi sakin.

"Y-Yeah.. thanks.."

"Nag-away kayo ni Pein??"

Wag mo kong tignan ng ganyan..

Nakangiti at mapanukso ang tingin nya sakin!

"H-Hindi ko alam e.."

"I saw you.."

Napatingin ako sa susi!!!!

Sa susi talaga ako nakatignin!

Nanlalaki ang mga mata kong tinitigan ang mga susi!

"When you walked away.." natatawa pang sabi nya.

Haaaaayy..

Nakahinga akong maluwang..

"A-Ahh.. t-that.. yeah.. P-Pero wala yon.." sagot ko.

"Mmm.. sana maayos nyo.." nakangiting sabi nya at saka lumabas kaya naman sumunod na ako.

Naghihintay naman yung tatlo samin sa harap ng elevator..

Eksaktong pagtapat namin ni Maxwell don ay bumukas ang pinto at naunang pumasok sina Maxrill, Maxwell at Parrot.. Nagtataka naman akong napatingin kay Taguro..

Please stay Taguro..

I beg you to stay..

"Hanggang dito ka na lang.." si Taguro.

"Eh??"

"Wag mo na kaming ihatid.."

Napatingin ako kay Taguro..

"H-Ha??"

"Wag mo na kaming ihatid.. Bumalik ka na sa kwarto.."

"S-Sige.." napapahiyang sagot ko at saka tumingin sa kanila. **"I-Ingat.."**

"Sige.. ingat ka rin mamaya.. Salamat.."

"S-Salamat.. Ingat.." usal ko pa at saka pinanood si Taguro habang humaharap sakin..

Pero dahan dahang sumasara ang pinto ng elevator at hindi man lang sya tumingin sakin!

Parang bumagsak ang balikat ko nung tuluyang magsara ang pinto ng elevator at pakiramdam ko ay may kakaibang pakiramdam na naman sa dibdib ko.

Nanlulumong naglakad ako pabalik ng kwarto..

Haaaayyysss..

Ngayon ramdam ko na ang tahimik..

Ang lungkot..

Ang lamig..

Nawala ang saya..

Hindi na ako nag-eenjoy..

Napatingin ako sa relos ko at masyado pang maaga..

Tumayo ako at lumapit sa veranda.. Yumuko ako sa pasimano at tumingin sa baba.. hinihintay kong makalabas ng hotel sila Taguro..

Mula sa kinatatayuan ko naman ay natatanaw ko na sa dagat ang yate nila at kitang kita ko si Mang Pitong..

"Bakit ba ganito ang pakiramdam ko??" tanong ko sa sarili ko. **"Pakiramdam ko hindi na kita makikita.. when the truth is.. tomorrow I'll be able to see you again!?"**

Maya maya pa ay natanaw ko na sina Taguro na naglalakad papalapit sa yate nila..

Gustong gusto kong magpumilit na sumama kanina.. para maihatid ko sila kahit hanggang sa Airport pa yon!

"Wala akong pakialam sa pagod Taguro e.. ang sakin kasi e yung makasama kita.. Hindi mo alam kung anong ginawa mo sakin.. hindi mo alam kung gano kita gustong makasama.."

Tinanaw ko sila hanggang sa dagat papaalis.. hanggang sa hindi ko na sila matanaw..

"Gusto kitang makasama maya't maya Taguro.. Maya't maya.."

Bagsak ang mga balikat na pumasok ako sa kwarto ko at isa-isa na ring inayos ang gamit ko..

DEIN'S POV

HI AGAIN!

"Hi Mom!" tawag ko kay Mommy at nakangiting lumingon naman sya sakin.

"Mmm.. Dein??"

"Mmm.. anong oras ang dating ni Deib??"

"Mamaya pa.. bakit??"

Napatingin ako sa watch ko at 3:00pm na..

"Ako na lang ang susundo sa kanya.. kami ni Randall!" nakangiting sabi ko.

"Ha? Bakit?"

"Mmm.. gusto ko lang hahaha! Namiss ko sya e.."

"Is that so??" nagtatakang tanong pa ni Mommy at saka muling tumingin sakin. **"O sige.. ikaw ang bahala.. Pero maya maya ka ng**

6:00pm umalis.."

"Yeah Mom.."

"Okay.."

"Thank youuu.."

"Pero teka.. Hindi ba't may lakad kayo ni Randall ngayon??"

"Mmm.. yes Mom.. Kaya nga sinabi kong kami na lang susundo kasi malapit naman na sa Airport yung Mall na pupuntahan namin.."

"I see.. O sige sige.. Ikaw ang bahala.."

"Bye Mom!"

"Ingat.. ingat.."

"I love you.."

"I love you more, iha.."

"Tell Dad na umalis na po ko.."

"I will.." nakangiting sabi nya at lumabas naman na ako ng bahay para sumakay sa kotse ni Randall na kanina pa naghihintay..

"Ang tagal mo naman?" si Randall.

"Sorry Hon, kinausap ko pa si Mom.."

"It's okay.. Saan mo gustong kumain?"

"The Goose Station.."

"Okay.." nakangiting sagot nya at saka nagmaneho..

Mahigit isang oras lang ay nandon na kami..

"What do you want to have?" tanong sakin ni Randall matapos lumapit ng waiter. Tumingin naman ako sa menu at saka pumili.

"Tuna Ceviche, Prawn, Crab, Mango, Caviar, Salted Egg & Sweet Potato Salad with Cured Pork Belly, Foie Custard with Tapioca.. Mmm.. Beef Steak Filipino Style---"

"Ang dami naman?" gulat na tanong ni Randall. **"H-Halos lahat yan na ang lahat ng menu nila, Hon??"**

"Hahahahaha.. gutom ako e.. I miss this place.." nakangiting sabi ko pa habang nakatingin sa waiter at natuwa naman sya. **"And please add Halo-Halo.. thank you.."**

"Is that all, Ma'am.. Sir??"

"Yes.. That's all.." nakangiting sagot ko at tumango naman sya bago umalis. **"What?!"** natatawang tanong ko sa nagtataka na tingin ni Randall. **"Look.. I didn't eat the whole day.. I'm this hungry.."** sabi ko na nagsenyas pa nang malaking bilog sa harap nya.

"Nah.. that's one thing that I liked about you.. Malakas kang kumain.." nakangiting sabi nya pa.

"Hmp.. pero yung ex mo ang tumaba?!" pang-aasar ko sa kanya. Ngumiti lang sya.

Maya maya pa ay naiserve na rin ang foods namin at isa isa na naming kinain..

"Ahh yeah.. I remember.." biglang usal ko.

"Mmm..??"

"Susunduin natin si Deib sa Airport mamaya.. I hope its fine with you.."

"Of course pero.. saan sya galing? I didn't know he went off somewhere.."

"Palawan.."

"Oh? Nice.. with friends?"

"Yeah.. and Pein.." sagot ko at kitang kita ko kung panong natigilan sya.

Dahan dahan nyang naiangat ang paningin nya sakin na naiiwas nya agad nung makita nyang nakatingin na ako sa kanya.

"Yeah?? T-That's good.." biglang sagot nya at napabuntong-hininga naman ako munit di ko pinahalata. Pilit na lang akong ngumiti sa kanya at saka nagtuloy kunwari sa pagkain.

"I hope you won't mind if I say this.. I think they're cute.. they look good together.." tumingin ulit ako sa kanya. **"Aren't they?"**

"Y-Yeah.. of course.." tatangu-tango pa kunwaring sagot nya.

Fvck this..

Mabilis kong nilunok ang hindi ko pa gaanong nangunguyang food sa bibig ko at saka ako uminom ng water..

Why you're making me feel this awkward!?

Gusto kong magwala sa inis!

Ayan na naman yung reactions nya!

Yung reactions nyang ayaw na ayaw ko!

Tulad na lang nung makita nyang magpropose si Deib kay Pein! Kitang kita ko sa mukha ni Randall na nagulat talaga sya sa ginawa ng kapatid ko sa Ex nya!

Damn it!

I still hate her.. God knows I still hate her!

But Deib is right.. This is the only way na nakikita ko para tuluyang magkalayo ang landas nilang dalawa ni Randall! I know I'm funny but I don't care..

Mas magandang maagapan habang maaga..

She's a disease..

"I think we should visit Palawan next time.. Maganda siguro.." kunwaring sabi ko pa.

"How long did they stay---"

"2 days.."

"I see.."

"Perfect 2 days hahahahaha.. I wonder what they did.." mapanukso kunwaring sabi ko pa.

"Edi magswimming.." natatawang sabi nya.

"Duh?! Except from that.. of course.."

"What do you mean?"

"Like.. ugh! You know?!"

"Tsh.. she's not like that.."

Kill me now..

Pero nagulat talaga ako hindi dahil sa sinabi nya.. kung hindi sa facial expression nya!

Napakaformal!

"I was just joking okay.." sarkastikong sabi ko. **"But I didn't expect you to react like that.."**

"Like what?"

"Like you still care?"

"Dein.."

"Okay.. Okay.. I'll shut up.."

"Let's just not talk about her.."

"Okay.. sana lang may pasalubong sila satin.."

"Kahit wala na.."

Why is he acting like this?!

Hindi ko alam kung bakit hanggang ngayon nasasaktan pa rin ako..

Pero alam kong masyado lang akong paranoid..

Na lahat ng sinasabi nya ay binibigyan ko ng ibang meaning..

Maya maya pa ay dumeretso kami sa Mall at namili lang ng mga damit namin..

Pareho kasi kaming madalas mamili ng damit dahil twing duty kami ay nakadress ako at nakalongsleeves naman sya.. Kaya naman papalit palit kami..

"Hon dito tayo.." turo ko sa isang botique kung saan madalas akong bumili ng damit..

"Good evening Mam.. Sir.." bati nung sales lady.

"Good evening.."

"Here's are new arrival Ma'am.."

"Thank you.." nakangiting sagot ko at nagtingin doon. **"What do you think of this one Hon??"**

"Mmm.. I think it looks good on you.."

"Yeah right.."

"Seriously.." nakangiti pang sagot nya.

"Seesh.." singhal ko at saka kinuha yung dalawang nagustohan ko at naglakad papunta sa fitting room. **"Please hold this for me, Honey.."** abot ko sa kanya nung paperbag ko at saka pumasok.

"Hey Randall..??"

Sino naman kaya yun?

Mula sa labas ay dinig ko ang isang boses ng lalaking tumawag kay Randall.

"Heeeyy Timothy!" si Randall. **"It's been a while.."**

"Yeah.. how have you been man?"

"I've been good.. and you?"

"I'm cool hahahaha.. who's with you?"

"I'm with my girlfriend.."

"Oh? Maxpein? How is she?!"

Hindi nakasagot agad si Randall!

Napakapit ako ng matindi sa damit na hawak ko.

"A-Ahh no.." mahinang sagot ni Randall pero dinig ko pa rin.

"No... what!?"

"We're not together a-anymore.."

"Oh.. I'm sorry, I didn't know.."

"Yeah.. I-It's okay.."

"Ahh yeah.. I guess I'll see you on Friday.."

"Friday?"

Friday!? Anong meron sa Friday!?

"I'll be having a party.."

"Yeah?"

"Mmm.."

"Sure.. where?"

"Do you know this bar called.. Ahh.. The Barb!?"

"The Barb?"

The Barb?!

"Y-Yeah.. I think so.."

"Yeah.. it's near your place.."

"Ahh yeah yeah.."

"So I guess I'll just see you there?"

"Okay.."

"With your new girlfriend.."

"A-Ahh yeah of course.."

"See you, man!"

"Yeah.."

Nung wala na akong marinig na usapan nila ay saka nawalan na rin ako ng ganang magsukat. Ginulo ko yung damit at umastang sinukat ko talaga..

Paglabas ko ay tumingin agad sakin si Randall.

"Bibilin ko pareho.." nakangiti kunwaring sabi ko at saka ko inabot dun sa babae at binayaran..

"It's already 5:30, Hon.." si Randall.

"Ahh yeah.."

At nagmadali na kami papunta sa Airport..

Ilang minuto pa kaming naghintay at nakita na namin si Deib.

"Dongsaeng!!!" tawag ko sa kanya at parang batang nagliwanag naman ang mga mata nya pagkakita sakin!

"Hey.. bakit ikaw ang sumundo sakin? Nasan sila Mommy?" si Deib.

"Mmm.. sabi ko kami na lang ang susundo sayo.. kasi nagdate rin kami ni Honey.."

"Hey bro.." bati sa kanya ni Randall.

"Hey.." pormal lang na sagot nya at saka tumingin sakin.

"Nasan na yung mga kasama mo?"

"A-Ahh.. nauna na sila.."

"Eh?!"

"N-Nauna silang dumating don sakin remember? Sumunod lang ako.."

"Ahh yeah.. I forgot.."

"Yeah.."

"So.. let's go?"

"Mmm.."

Nakangiti akong kinuha ang maliit na bag nya..

"Deib.."

Sabay kaming napalingon sa tagiliran namin at...

"T-Taguro.." si Deib.

Hindi kami nakapagsalita ni Randall at taka na lang kaming napatingin sa kanya! Parang nagulat rin syang napatingin samin at saka tumingin kay Deib!

"A-Anong ginagawa mo dito??" takang tanong ni Deib na hindi mo malaman kung nangingiti o ano!

Hindi agad sya sumagot at tumingin pa sa kabuuan ni Deib!

What!?

"N-Naalala ko kasi yung paa mo.. wala kang kasama pauwi kaya naisip ko baka----HUK!**"**

MY BROTHER JUST HUGGED HER!

"S-Sensui.." dinig ko pang usal ni Maxpein.

"A-Akala ko.. w-wala ka ng pakialam sakin e.." nakangiting bulong ni Deib habang nakayakap sa kanya at saka dahang dahang umalis sa pagkakayakap sa kanya at tumingin sa mga mata nya. **"Namiss kita.."**

"M-May kasama ka na pala pauwi.. kaya mo na siguro?"

"E ikaw?"

"Magtataxi ako pauwi.."

"Ha?!"

"Mmm.. okay lang ako.."

"Nasan yung mga gamit mo?"

"Dinala na nila Maxwell.. cellphone ko na lang ang dala ko.."

"S-Sumabay ka na samin.."

"Hindi na.."

"Sumabay ka na.."

"Okay lang ako.."

"Ako na ang maghahatid sayo.." nakangiti pang sabi ni Deib.

"Hindi na.."

"Please??"

"Magkikita pa naman tayo bukas.." natatawang sagot ni Taguro.

"O-Oo nga pero.. g-gusto pa kitang makasama e.."

"W-Why don't you come with us?? I think nagluto si Mommy ng foods.. why don't you join us for dinner?" sabat ko at napatingin naman silang lahat sakin.

"Oo nga Taguro! Tapos ako na maghahatid sayo.."

Seriously!? Taguro at Sensui at endearment nila!?

Weird!

"P-Pero---"

"Sige na.." pilit ni Deib sa kanya.

"S-Sige.."

"Yun!" masayang sigaw ni Deib.

At sumama nga sya samin..

Sa kotse ni Randall ay kaming dalawa ni Hon sa unahan at silang dalawa sa likuran..

Kitang kita mo kay Deib na dikit sya ng dikit kay Maxpein at si Maxpein naman ay parang wala lang..

Kung hindi ka lang talaga makakatulong sakin.. hinding hindi ko hahayaang mapunta sayo ang kapatid ko!

I hate her!

"Let's go??" si Hon.

"Yeah.." sagot ko.

At umalis na kami.

Hindi ko maiwasang hindi tignan si Randall kung palihim syang tumitingin kay Maxpein! Paminsan minsan ko ring nililingon si Maxpein kung tumitingin sya kay Randall pero nakatingin lang sya sa labas ng bintana kahit maya't maya syang kinakausap ni Deib!

OceanofPDF.com

CHAPTER 117 : INTERHIGH

MAX'S POV

Hindi ko alam kung tama ba ang ginawa kong pagsama sa bahay nila Sensui pero..

Wala naman sigurong mawawala kung sasama ako. Nagugutom na rin ako e.

"Hindi ko talaga inaasahang makikita pa kita sa Airport.. alam mo ba kung gano ako kasaya nung makita kita??" bulong ni Sensui at nilingon ko sya.

Masyadong malapit ang mukha nya sakin kaya naman ako na ang bahagyang lumayo.

Matamis ang mga ngiti nya at malambing ang tono ng boses nya..

"Nung umalis ka kasi kanina parang mamatay na ako.." malungkot talagang sabi nya. **"Akala ko kasi kanina nagalit ka sakin kaya.. h-hindi mo na ako hinayaang ihatid kita kahit hanggang sa Airport.. Gusto sana kitang ihatid kanina e.. kaso parang ayaw mo.."**

"Tss.." singhal ko pero ngumiti pa rin sya sakin.

"Talagang parati mo kong binibigla sa mga moves mo ah?? Hehehehe.. Pakiramdam ko tuloy.. ikaw ang nanliligaw sakin bwahahahahahaha.."

Hanep..

"O baka naman.. namiss mo rin ako??" mapanukso ang tinging tanong nya pa.

Asa..

Hindi ko sya sinagot..

"Pero okay lang kahit hindi mo ko namiss.. alam ko namang inaalala mo ko hahahahaha! Kung ganyan ka ng ganyan Taguro.. para kang cancer sa katawan ko hahahaha.. At lalo akong lumalala!"

Nababaliw ka na talaga.. tsk tsk tsk..

Nilingon kami ni Dein at bahagya syang ngumiti.

"Mukhang nagkakamabutihan na talaga kayo ah??" masayang tanong pa ni Dein.

"Hahahahahahaha.." malakas na tawa ni Sensui. **"Mamaya ka na sumali Noona, nag-uusap pa kami e.."**

"Goooo.." biro pa ni Dein at saka muling bumaling sakin si Sensui.

"Taguro.." tawag ni Sensui sakin.

"Mmm?" sagot ko na lumingon sa kanya.

"B-Bukod ba sa paa ko.. m-may iba ka pang dahilan k-kaya mo ko h-hinintay??" uutal-utal na tanong nya at nagtaka naman ako.

"Anong dahilan?" tanong ko.

"A-Ahh hahahahahaha.. tinatanong nga kita e.. May iba ka pa ba kakong dahilan kung bakit mo ko hinintay sa Airport?? B-Bukod dito sa paa ko na inaalala mo..??" mahinang tanong nya.

"Mmm.. wala naman na.." nakangising sagot ko at nagitla sya.

"Tch.. wala talaga?!"

"Wala.."

"Bakit wala?!" nakanguso at malakas na tanong nya at nagulat naman ako.

Siraulo'ng 'to..

"W-Wala talaga?!"

"Wala.."

"Hehehehehehe.." bigla syang tumawa.

Baliw na nga sya..

"Sige na nga.. kahit sa i-isip ko na lang.. kunwari.. m-mahal mo na rin ako kaya mo ko hinintay hahahahaha.."

"A-Ano!?" gulat na tanong ko.

"Tch! Wag ka na ngang kumontra.. sa isip ko lang naman e.." nakangusong sabi nya.

Naiwan akong napapanganga'ng nakatingin sa kanya!

Tss..

Hindi ko na sya sinagot at tumingin na lang ako sa labas ng bintana.

Pinakiramdaman ko ang sarili ko..

Parang barado ang dibdib ko at nahihirapan akong huminga..

Ang awkward ng eksena para sakin..

Kasama ko ang tatlong tao'ng gumulo sa buhay ko..

WTF is happening???

Pero kailangan kong aminin sa sarili ko..

Si Randall pa rin ang laman ng isip ko..

Palihim akong tumitingin sa kanya at masakit para saking nakikita na parang wala syang pakialam..

Deretso ang tingin nya sa daan habang nagmamaneho at ni minsan ay hindi ko man lang sya nakitang sumulyap sakin kaya naman hindi na ako tumingin pa sa kanya..

~RING! RING~

Nabasag ang katahimikan ng biglang magring ang cellphone ng isa sa amin..

"Hon, may tumatawag sayo.." sabi ni Dein.

"Ahh.." usal ni Randall at saka kinapa ang cellphone nya.

"Akina.. ako sasagot.."

Isang bagay na hindi ko nagawa kay Randall..

Ang pakialaman ang cellphone nya..

"Hello??" sagot ni Dein sa cellphone ni Randall. **"I'm sorry, this is his girlfriend, Dein.. He's driving that's why I answered this call.. But I'll----"**

"Give me.." si Randall at inabot ni Dein ang cellphone nya. **"Yes.. Mmm.. Okay okay.. Thank you.. Bye.."** dinig kong sabi lang ni Randall habang nakatingin ako sa daan sa labas.

"Sino yun Hon?"

"Si Doc Edda.. kulang daw sila ng residente.."

"Ha? Bakit daw?"

"Hindi pumasok si M-Maxwell.." biglang humina ang tono ng boses nya nung sabihin nya ang pangalan ng kapatid ko.

Natinag ako pero hindi ako nagpahilata.. nanatili akong nakatingin sa labas ng bintana..

Tss.. bakit ganon? Magkakaiba naman sila ng school ah?

"Mmm.. Maxpein.." tawag sakin ni Dein na nilingon pa ako at tumingin naman ako sa kanya na may blangkong mukha. **"Yung Kuya mo.. wala ba syang sinabi kung papasok sya??"**

"Wala.." pormal na sagot ko.

"I see.." parang nanghihinayang na sagot nya kaya naman nakaramdam ako ng hiya.

"Tatawagan ko na lang.."

"Can you do that for me? Please?"

"Okay."

At inilabas ko ang cellphone ko at dinial ang number ni Maxwell.

Maya maya lang.

"Ne?" sagot nya sa tawag ko.

"Magduty ka daw.."

"Eh!?"

"Duty.. wala daw residente sa....." napahinto ako sa pagsasalita at napatingin sa rear mirror kung saan kita ko ang mga mata ni Randall.

At nagtama ang paningin namin..

"SIS.." si Randall.

"Sa SIS.." dagdag ko sa sinabi ko kay Maxwell.

"Who's with you?" biglang tanong ni Maxwell.

"I'm with Deib.." sagot ko.

"And??"

"Them.."

"Them!?"

Aisshh wag ka na kasing magtanong!

"Pumasok ka na lang.." dagdag ko at saka ibinaba ang cellphone.

Peste..

"Papasok daw sya?" tanong ni Randall at tumingin na naman ako sa kanya at nagtama ang paningin namin.

"Mmm.." maikling sagot ko at saka tumingin ulit sa labas ng bintana.

Mabilis na tumakbo ang oras at maya maya lang ay nasa bahay na nila kami. Mabilis akong bumaba ng kotse ni Randall at tumingin sa tapat ng bahay nila. Kasunod ko naman ay ang nagmamadaling Deib na hindi magkandaugaga sa pagbitbit ng gamit nya.

Mukhang tanga..

"Oh.. they're here??" patanong na sabi ni Dein munit sa kotse na nasa harap ng bahay nila nakatingin.

"Who?" tanong ni Randall.

"Sila Lolo.." mahinang sagot nya at saka naglakad papasok. **"Let's go.. come in.. come in.. Maxpein.."**

"Mmm.." tango ko at saka sumunod sa kanila.

"Nandito si Lolo.." bulong ni Sensui sakin at hindi ko naman sya pinansin.

Tinitignan ko ang paraan ng paglalakad nya at kahit na iika-ika pa rin ay bahagya na lang at hindi na tulad nung kahapon at kanina..

~DINGDONG! DOORBELL!~

Bumukas ang pinto at bumungad samin si Manang.

"Pasok.. Pasok.." nakangiting usal ng matanda at isa-isa naman kaming pumasok. Ako ang nahuli.

"Ahh Manang.. kasama ko si Max.."

"Oo nga ano?? Kumusta ka naman iha??" nakangiting tanong nya sakin.

"Ayos naman ho.."

"Maige kung ganon.. o sya pasok na at nakahanda na ang pagkain.."

"Salamat ho.." tatangu-tangong sagot ko at saka sumunod kay Sensui.

"Maxiiiiii!!!!"

Napalingon ako sa likuran ko at nakita ko agad ang Mommy ni Sensui na nakabuka ang dalawang kamay na animong sasalubungin ako ng yakap!

"M-Misis Enrile.."

"Omo.. I miss youuuu!!!"

Patakbo syang naglakad papalapit sakin at...

NIYAKAP ako ng pagkahigpit higpit!

"Bakit ngayon ka lang???"

"H-Ho??"

"Hihihihihi ang tagal ka na naming hinihintay dito.." nakangiting sabi nya at saka parang nalungkot. **"Ang sabi mo dati ay babalik ka dito but you didn't.. kung hindi pa ako nanood nung mga sports nyo ay hindi kita makikita.."**

E bakit naman ho ko magpapakita sa inyo??

Weird..

"A-Ahh M-Mom.." si Sensui.

"Oh.. Baby! Nandyan ka pala!"

Kanina pa..

"Pagod kami ni Max.. Mom.." dagdag nya pa.

"Omo! Omo! Oo sige sige hihihihihi.. hindi mo naman kasi sinabi baby na pinagod mo pala si Maxi.. tuloy kayo.. upo kayo.."

"Pero.. prepared na kasi ang dinner.. Bakit kaya hindi na lang kayo doon sa dining area magpahinga habang nagdidinner?? Can you do that?" nakangiting tanong nya pa na nagpapalit palit ang tingin samin ni Sensui.

"O-Okay.." pormal na sagot ni Sensui at saka tumayo at inalok ang kamay sakin. **"Let's go..??"**

"Yiiiiiiiieeeeee!"

Sabay kaming napatingin sa Mommy nya na nakahawak sa magkabilang pisngi nya na animong kinikilig pa!

"M-Mom?!"

"Kinikilig ako sa inyo... Yiiieeee!"

Hindi ko inabot ang kamay ni Sensui at kusa akong tumayo.. Taka naman silang napatingin sakin pero hindi na rin nila ako pinansin at dumeretso na kami sa dining area nila.

DEIB'S POV

Laking gulat ko nung pagpunta namin sa dining area ay nandon si Chairman!

Anong ginagawa nya dito!?

Dali dali akong tumango at nagbow sa kanya.

Akala ko si Lolo lang..

"G-Good evening Chairman.." nauutal na sagot ko. Lumapit ako sa kanya at saka nagmano.

"Good evening Chairman.." si Randall at Noona.

"Good evening.." sagot ni Chairman samin at saka dahan dahang tumingin kay Taguro na parang nagtataka kung anong ginagawa nya dito.

"A-Ahh.. S-She's my guest.." sabat ko at napatingin naman si Chairman sakin saka tumingin sa relos nya.

"But it's already late.." sagot ni Chairman matapos tumingin sa relos nya!

BIGLA AKONG NAKARAMDAM NG HIYA!

Naiilang na napatingin ako sa gawi ni Taguro pero nananatili syang nakatungo kaya naman pilit ang ngiting ganti ko kay Chairman bago nagsalita.

"G-Galing po kasi kaming Palawan.. So I invited her over for dinner.." sagot ko.

"I see.. sitdown.." pormal na sagot ni Chairman at naupo naman kami.

"Good evening.." pormal na bati ni Taguro sa kanya at gulat na napatingin kaming lahat sa kanya!!!!!

Loko talaga 'to!

Kung magsalita sya ay akala mo kaedad lang nya ang kausap nya!

"I believe we've met already.." pormal ang ngiting tanong ni Chairman sa kanya pero hindi sya sinagot ni Taguro!

"Y-Yes Chairman.. n-nung ininvite nyo sina Chairman Moon for d-dinner.." sabat ko.

"Yes, I remember.." tatangu-tangong sagot ni Chairman at saka tumingin sa food na inilalagay pa ni Manang sa table.

"Good evening Dean.." biglang bati ni Taguro kay Lolo na nasa kabilang dulo ng table. Masyadong naagaw ni Chairman ang paningin ko kaya naman hindi ko sya napansin.

"G-Good evening Lo.." bati ko sa kanya at saka ako nagmano.

"Good evening Lolo.." bati ni Noona at Randall.

"Good evening.. Good evening.." si Lolo.

"Let's eat??" si Chairman.

"Y-Yes.." sagot naming lahat.

"How's your trip to Palawan?" sarkastiko ang dating ng tono'ng tanong pa ni Chairman na kay Taguro nakatingin.

"Ayos naman ho.." sagot ni Taguro!

Badtrip huhuhuhu! Biglaan 'to.. hindi ko man lang sya nasabihan kung paano dapat pakisamahan si Chairman! Sana makisama naman sya huhuhuhu.. Baka ako ang mayari e!

"I didn't know that you're that close to have an overnight trip to Palawan.."

"Nililigawan ako ng apo nyo.."

"T-Taguro.." naiilang na tawag ko sa kanya at parang balewalang nilingon nya naman ako at saka takang tumingin kay Chairman.

"I'm sorry for my attitude.. I'm really this rude.." usal ni Taguro at tinignan naman sya ng seryoso ni Chairman!

Damn this!

"Hahahahahahahahahahahahahaha!!!!"

Eh!?

Nagulat ako nung malakas na tumawa si Chairman habang nakatingin kay Taguro!

Si Lolo man bahagyang natawa rin!

"You're interesting.." biglang sabi ni Chairman na iiling iling habang tumatawa. **"Hahahahahahahahahahaha! Typical attitude of the Moon Family.."**

Napabuntong-hininga si Taguro at saka nagtuloy sa pagkain! Wala namang humpay sa pagkabog ang dibdib ko dahil pakiramdam ko, ano mang oras ay sisigawan sya ni Lolo at Chairman dahil sa paraan ng pakikipag-usap nya!

Napakabastos talaga nito!

"Did you enjoy your stay together??" si Chairman.

"Of course.."

Bakit ba sya ganyan?! Huhuhuhuhuhu..

"We're with friends.."

"I see.. I thought you spent it together alone.. Hahahahahahahahahaha!"

Hindi na sya sinagot ni Taguro at nagtuloy na lang sya sa pagkain! Naiilang ako dahil kung sumagot sya kay Chairman ay akala mo yung mga Moon lang ang kausap nya! Walang galang at walang modo! Gayun pa man..

HINDI KO MAGAWANG MAGALIT SA KANYA!

Hahahahahahahahaha!!!!

Maya maya pa..

"How's your studies?" biglang tanong ni Chairman habang nakatingin sa food nya.

Nagkatinginan kami ni Noona na may iisang reaksyon ng mukha! **NAGTATAKA**!!

Sino daw?!

Napapalunok na tumingin ako kay Noona at saka nagsalita.

"O-Okay naman po.." sagot ko.

"How good?"

"A-Ahh.."

DAMN! I'M SPEECHLESS!!!

Nakaramdam ako ng matinding kaba at halos mamuo agad ang pawis sa noo ko!

Bakit ba kinakabahan ako e okay naman ang pag-aaral ko!?

"How good?!" biglang tanong ulit ni Chairman! And this time, nakatingin sya sakin! Kaya naman mas lalo akong kinabahan!

"W-Wala naman po akong problema sa mga subjects ko.." sagot ko at bahagya naman syang nagclear throat at saka tumingin kay Noona at Randall.

"And you two!?"

"A-Ahh.. We're also doing good with our studies.." sagot ni Randall.

"Good.." tangu-tangong sagot ni Chairman at saka tumingin kay Taguro.

Demmit!

"How about you?" tanong ni Chairman kay Taguro.

Sana sumagot sya ng ayos!!!

Hindi ko halos maigalaw ang kamay ko at hindi ko rin naman magawang lingunin si Taguro! Nagsisimula ng manginig ang mga kamay ko kaya naman nahihirapan narin akong ipagpatuloy ang pagkain ko! Napainom ako ng tubig at saka bahagyang tumungo! Pero sa gilid ng paningin ko ay nakatingin ako kay Taguro ng palihim!

"What about me Sir?" tanong ni Taguro!

PAAAAAAAKKKSSSHHHEEEEEEETTT!!!!!

Napatingin kaming lahat kay Taguro at makikita mong blangko'ng blangko ang mukha nya!!! Wala syang emosyon at deretso lang na nakatingin kay Chairman!!!

Anong ginagawa mo!!! Hindi 'to tulad ng pamilya mo! Huhuhuhuh wag ka namang ganyan Taguro!!!!

"How's your studies?" pormal na tanong ni Chairman sa kanya at parang balewala naman sa kanya ang asta ni Taguro kaya naman isa-isa kaming nakahinga ng maluwag!

Kitang kita mo sa aming lahat na talagang nagulat kami sa dating ng pagsagot ni Taguro kay Chairman! Kung paano ang tono nya kapag kausap sina Maze at Chairman Moon ay ganoon rin sya kay Chairman!

Bukod sakin at halatang nagugulat at nagtataka rin sina Mom, Dad, Manang at Noona sa iniaasta ni Taguro! Si Randall sa tingin ko naman ay sanay na sa ugali nya munit bahagya pa ring halata sa kanya ang pagiging ilang dahil sa pakikisama ni Taguro dito sa ngayon.

Mas mataas man sa kanya ang Lolo mo.. kailangan mo pa ring igalang si Chairman, Taguro.. Pakisama naman..

Hindi agad sumagot si Taguro at bahagyang inilapag ang spoon and fork nya at saka nagkrus ng mga braso't sumandal sa upuan at saka umastang nag-iisip.

"Mmm.." nangingisi pang usal nya bago tumingin kay Chairman. **"Interhigh ho e.."**

WTF???

Buset na 'to! Nag-isip pa! Tapos yun lang pala isasagot nya!

Nakakabadtrip!

Kinakabahan ako talaga!

Yung paraan ng pagsagot ni Taguro kay Chairman, paniguradong hindi nya magugustohan!

"She's one of the most outstanding students in her batch.." biglang sabat ni Lolo dahilan para lingunin sya ni Chairman bago tumingin ulit kay

Taguro.

"Is that so?"

"Mmm.. that even the most terror Lecturer admires her intelligence.." nakangiting sagot ni Lolo.

"Most terror?"

"Mr. Ciufan.."

"Ahh yeah??"

"Yeah.."

"Nice to hear that.." nakangiting usal ni Chairman na ngumiti Na kay Taguro!

Andwe..

Hindi ako makapaniwala sa iniasta'ng yun ni Chairman!

"You're classmates?" tanong muli ni Chairman at tumingin saming dalawa!

"N-No Chairman.. Third year po sya.." sagot ko na isinenyas pa si Taguro.

"But you're close??"

"W-We're actually getting to know each other.." kabado at nahihiyang sagot ko!

"Getting to know each other?? Hmmmm... in Palawan?? Interesting hahahahahahahahahaha!" sarkastiko munit mapanuksong sabi ni Chairman at saka tumingin sakin ng nakakaloko. **"Anu-ano naman ang nalaman mo tungkol sa kanya kung ganon?"**

"A-Ahh that.. h-hehehehehe.. M-Marami po.."

"Hmmm.." tatangu-tangong sabi ni Chairman at saka tumingin kay Taguro. **"Anong nagustohan mo sa Apo ko??"**

"Tss.. sya po ang may gusto sakin.."

Pakneng sheeeeeeettt!!!!!

Sunod sunod ang naging paglunok ko at kahit napapahiya ay hindi ko naiwasang tignan ang naging reaksyon ng mga kamag-anak ko! Ngingisi ngisi sina Lolo at Daddy samantalang parang kinikilig naman si Mommy at Manang! Si Noona ay sarkastiko ang dating at parang balewala naman ang lahat kay Randall!

"I like your attitude.. Mature and formal.. Interesting.." dagdag pa ni Chairman.

"Thank you Sir.."

"I believe you mentioned when we first met that you want to take up Medicine?" nakangiting tanong ni Chairman sa kanya at tiningnan naman agad sya ni Taguro sa mata ng deretso'ng deretso!

"Yes.." pormal na sagot na naman ni Taguro.

"Before taking up Medicine, you must have your Pre-Medical Course first.."

"Yes Sir.."

"What do you plan to take up?"

"Nursing.." sagot ni Taguro at parang nagliwanag naman ang mga mata ni Chairman!

Pano nya nagagawa kay Chairman yan!? Alam mo ba Taguro na takot na takot ako dyan?!

"Mmm? Good choice.." nakangiting sagot ni Chairman sa kanya at saka tatangu-tangong tumingin kay Lolo na nginitian rin naman agad sya. **"I'm looking forward to that.."**

Nakakagulat kung paanong nakangiti si Chairman habang sumusubo ng pagkain at sa twing ngunguya sya at tinititigan nya si Taguro at nakangiting pinagmamasdan syang kumain!

Kitang kita sa mukha nyang natuwa sya sa sagot ni Taguro!

Yan si Chairman..

Kapag nalaman nyang gusto mong maging Doktor.. matutuwa sya ng higit pa sa inaasahan mo! Lahat ng mali'ng ginawa mo ay mabubura sa isip nya at ikaw na ang magiging pinakamagaling at hinahangaan nya sa lahat ng kamag-anak nya!

Ano bang meron sa Medicine na wala sa ibang courses!? Anong magagawa ko e, ayaw ko talagang mag-Med! Gusto ko Engineerin! Gusto kong maging Engineer!

Nakaramdam ako ng panliliit sa sarili ko nung magsimula na silang mag-usap usap tungkol sa Medicine. Kahit na hindi nakikisagot si Taguro sa kanila, yung katotohanang gusto at plano nya ring magdoktor e pakiramdam ko, out of place ako..

"Actually Lolo, Chairman.. maraming bumibilib kay Randall dahil hindi lang sya gwapo.. napakatalino nya pa! Hahahahaha! Psh! Lahat nga yata ng nurses and Doctora's na nakakatrabaho nya ay may gusto sa kanya.. I told him not to be too nice to girls.. tsk tsk.." biro ni Noona at natawa naman silang lahat.

"One thing that you can never avoid.. Right, young man?" nakangiting tanong ni Chairman kay Randall na natatawang tumango agad. **"Marami ang naiinlove sa mga Doctors dahil mukha silang matatalino talaga.. Malinis pang tignan.. Ha! Ha! Ha! Ha!"**

"At napakabait naman kasi ng boyfriend ko.. I'm so lucky to have him.."

"He's also lucky for having you.."

"Of course Chairman.. hahahahahahah! But I feel like I'm luckier.. I love him more than he does hahahahaha---"

"Tsk tsk.. Nah, don't say that.."

"Bakit naman Chairman?"

"Nakakasakal kapag masyado kang mahal ng nobya mo hahahahahahahaha..!!"

Natahimik na naman ang lahat matapos ang huling sinabi ni Chairman.. Munit agad na naman syang nagsalita.

"You're Maxwell del Valle's younger sibling?" tanong ni Chairman kay Taguro.

"Yes.."

"I've been hearing a lot of good things about him.." dagdag ni Chairman at hindi sumagot si Taguro. **"Isa sa mga pinagmamalaki ng Moon Family.. The popular Maxwell Laurent del Valle hahahahahahahaha! Kahit nasa ibang bansa ako ay nababanggit sa akin ang pangalan nya ng mga tauhan ko.. It's good to know that he's finally in BIS.. I'm so proud of that.."**

Tumango lang si Taguro sa kanya.

"I believe, you have another sibling?? And the other is?"

"Maxrill.."

"He grew up in Korea??"

"Yes Sir.."

"Is he planning to stay here?"

"Yes but..." hindi naituloy ni Taguro ang sasabihin nya dahilan para mapatingin kaming lahat sa kanya.

"Why?? Ha! Ha! Ha! Let me guess.. Hindi pumayag si Maze, tama ba??" natatawa kunwaring tanong ni Chairman sa kanya.

"Mmm.." sagot ni Taguro.

"Oh well.. I'm sure Maze knows the best for all of you.. If Maze wants him to stay in Korea, then that would be the best for him..

Besides, maganda'ng mag-aral ng Medicine sa Korea.. Yun e kung... gusto nya ring mag-aral ng Medisina?" nakangiting anong ulit ni Chairman kay Taguro na agad namang tumingin sa kanya. **"Gusto nya bang mag-aral rin ng Medisina?"**

"I guess so.."

"Oh well.. kayong tatlong magkakapatid ay mukhang matatalino.. Sa kilos at pananalita.. hindi ko maitatangging matatalino kayo.. Isang bagay na hinangaan ko sa Lolo at Mommy nyo.. Ang tamang pagdidisiplina.. Ha! Ha! Ha!"

Hindi na naman nakasagot si Taguro.

"Ano nga pala ang ginawa nyo sa Palawan, iha?" tanong ni Daddy.

"Ang totoo ho.. parang nagbakasyon lang kami.." sagot ni Taguro. **"Ang sabi ni Chairman Moon ay may aasikasuhin kaming magkakapatid doon, pero pagdating namin don ay nalaman namin sa katiwala naming gusto lang nyang makapagbakasyon kami.. Tss.."** seryosong dagdag nya pa. Pinakamahabang isinagot nya kay Lolo. Nanatili pa ring nakikinig sa kanila ang lahat, ayaw kasi ni Chairman ng sabay sabay nagsasalita lalo na at kumakain.

"Hahahahahahaha! Tipikal na ugali ni Moon.." natatawng sagot ni Chairman. **"Naniniwala sya na hindi lang sya ang napapagod.. at kailangan rin ng mga students magrelax.. Maaaring yung ang naging dahilan nya kaya nya kayo pinagbakasyon doon.."** nakangiting sabi ni Chairman at hindi na naman sya sinagot ni Taguro.

"A-Ahh.. Lolo.." sabat ko at tumingin namang lahat sila sakin. **"Yung k-kapatid ni Max.. si Maxwell.. plano nya po'ng magtayo ng maliit na Clinic sa lugar nila sa Palawan, para daw po.. m-makatulong sa mga tao'ng nandon.. Nabanggit po kasi nung katiwala nila don na.. yung pinakamalapit na Hospital sa kanila ay nasa dulo pa ng kabilang baryo.. Kaya naman binanggit ko rin sa kanya na.. sila Mom and Dad ay madalas magconduct ng Medical Mission.. at n-nasabi ko sa kanyang, isasuggest ko ang place nila for Medical Mission, dahil baka sakaling mapili nila Mommy at Daddy yung place nila para mabisita---"**

"Good job, Deib Lohr! Very very good, Deib!!" malakas na puri sakin ni Chairman!

Napatingin ang lahat sa kanya at kahit nagulat ay napangiti rin agad silang lahat sakin..

Pilit rin ang ngiting naiganti ko sa kanila dahil nagulat ako sa naging reaksyon ni Chairman!

"That's my boy.." nangingiti pang sabi nya. **"Nasa dugo talaga nating lahat ang pagiging Doktor!"** napapapalakpak pang dagdag ni Chairman. **"Kung gayon ay.. magandang ideya ang isinuggest mo sa kanila!? Bakit nga ba Lacey.. hindi natin subukan dumalaw sa lugar nila... What's your name again iha?"** baling ni Chairman kay Taguro.

"Maxpein.."

"Yeah.. Maxpein! Maxpein.. I really like you name.."

"Thank you, Sir.."

"Nah.. don't call me Sir.. From now on.. you can call me.. Lolo.."

A-Ano daw?!

"Eh!?" gulat na tanong ni Taguro.

"Yeah.. you can call me Lolo.. Ha! Ha! Ha! Besides, your family's close to me.."

WTF???

Nagkatinginan kami ni Taguro at napabuntong-hininga sya!

Nagkatinginan rin kami ni Noona at bakas ang pagkagulat sa mukha nya!

Napatingin ako kina Mom and Dad at parang kinikilig pa sila!

Anong nangyayari!? Bakit ganon!?

Nakakagulat!

Yung pagpuri sakin ni Chairman..

At ngayon ay yung sinabi nya kay Taguro!

Saan lahat nanggagagaling yun!?

Nakakagulat dahil hindi sya ganon!

Takot ako sa kanya at alam nyong lahat yun! Hindi nya ako kailanman pinuri sa mga bagay na magaling ako at parati nya lang nakikita yung mga bagay na mali at mahina ako..

Hindi kaya.. dahil akala nya.. gusto ko ring mag-Medicine!?

Yeah right Deib.. natutuwa lang sya sayo ngayon dahil ang akala nya ay gusto mong kunin ang course na gustong gusto nya.. Bukod don ay wala ng ibang dahilan para matuwa pa sya sayo! Luko-loko ka kasi!

Napatingin ako ulit kay Chairman at bakas talaga ang tuwa sa mukha nya habang pinagmamasdan si Taguro.

"Sa tingin ko ay kinakailangang mapag-usapan namin ng Family mo ang tungkol dyan.." dagdag pa ni Chairman. **"Ayos lang naman sa inyo ang bisitahin ang Palawan, hindi ba?"** baling nya kila Mommy.

"Of course, Lolo.." nakangiting sagot ni Daddy.

"Lalo na at malapit sa amin si Maxi.. yiiieeee.." si Mommy.

"Malapit lapit na rin ang pagtatapos ng Interhigh at wala namang klase.. I guess after next week ay mas maluwag ang schedule ko.. Maaari namang tayo tayo na lamang ang pumunta kung may laro at pasok ang mga bata, hindi ba?!" si Chairman at tumango naman kaming lahat. **"Sa tingin ko rin ay matutuwa si Mokz kung sasamahan nya ako! Ha! Ha! Ha!"**

"Sasama rin po kami ni Randall, Chairman!"

Bigla akong napatingin kay Noon at kinindatan nya naman ako!

"Di ba Hon?!" baling pa ni Noona kay Randall.

"Of course.. that would be exciting.." sagot ni Randall.

"Sige sige.. maganda ang magiging lakad natin kung ganon.. Maraming makakatulong.." nakangiting sagot ni Chairman sa kanila.

At nagtuloy tuloy na nga kami sa pagkain kahit na medyo may kabagalan..

"Malapit na nga pala ang birthday ni Deib?? Tama??" si Chairman.

Nagulat talaga ako!

Naalala nya ang birthday ko?!

Andwae..

Hindi ako makapaniwala sa narinig ko!

"Yes Chairman.. hihihihihihi.." si Mommy!

"Malapit na ang Birthday ni Deib, sa tingin ko ay kailangan mong pumunta.." masayang sabi ni Chairman kay Taguro!

Sapakin ako ngayon na..

SAPAKIN AKOOOO NGAYOOOONNN NAAAAAAAAA!!!!!!!

Hindi talaga ako makapaniwala sa mga sinasabi ni Chairman na naririnig ko!

Hindi ganito ang pagkakakilala ko sa kanya kaya nagugulat ako!

Gusto nya na ba si Taguro para sakin?!

Tch! Wag ka ngang engot Deib! Hindi mo naman sinabi kung ano mo si Taguro! Ang alam nya lang ay nililigawan mo.. Anong magugustohan nya kay Taguro!

Pero kung.. magugustohan man nya si Taguro.. Ikaw na ang the best na Lolo!

"Isama mo ang family mo.." dagdag pa ni Chairman.

"Kelan ho ba?"

"Sa August ang birthday nya.."

At natatandaan nya ang birthday ko!? E bakit ilang birthdays ko ang pinalampas nya?!

"Ngayon na lang ulit ako makakapunta sa birthday ng Apo kong yan kaya sa tingin ko kailangang maging enggrande ang kaarawan nya.. Kasi gagraduate na sya sa susunod na taon at maghahanda na para sa Kolehiyo.." nakangiting sabi ni Chairman na tumingin at ngumiti pa sakin!

Pilit ang ngiting iginanti ko naman sa kanya!

"Sige ho.."

"Pwede mo ring imbitahan ang mga kaibigan mo.. mas maganda ay yung mga kakilala rin ni Deib, hindi ba?"

"Oho.."

"Sige sige.. hahahahahaha magiging maganda yan.." si Daddy.

Nananatiling tahimik sina Manang at Taguro at ganon na rin ako. Samantalang sina Randall, Noona, Lolo, Mommy, Daddy at Chairman ay wala pa ring tigil sa pag-uusap.. Nanatili lang kaming nakikinig sa kanila.

"Pero may sakit sa pag-iisip ang pasyente ko, Hon.. Lalaki sya at natatakot akong lapitan sya.." nakangusong sabi ni Noona.

"Pwede ka namang magpasama.." nakangiting sagot ni Randall sa kanya.

"I don't think so.. I don't wanna go near him.. He's scary! Parang anytime, he's going to attack me!"

"Hahahahaha! Hindi ganon yun ano ka ba.."

"Psh.. hayaan mo na kay M-Maxwell.. sya naman ang maghahandle non ngayon.. Besides, kasama nya sina Dok Shiela at Dok Edda.."

"Oh??"

"Mmm.. sya ang magduduty di ba?? Magkakasamasama sila.." natatawang tanong ni Noona at nilingon ko naman si Taguro na nakatingin na pala kay Noona.

Napansin kong salubong ang kilay ni Taguro nung muling ibalik ang paningin sa pagkain.

"Anong case ng patient mo, iha?" tanong ni Lolo kay Noona.

"Diabetes Mellitus, Lolo.. He's also mentally challenged.. According to the Attending Physician, he's diagnosed with Schizophrenia.." sagot ni Noona kay Lolo.

"Violent?"

"Mmm.. according to the relatives.. Yes.." nakanguso pa ring sagot ni Noona.

"What kind of Schizophrenia?" tanong naman ni Chairman.

Hindi ko maintindihan ang mga sinasabi nila!

"I don't know.. I'm not sure.."

"Ha?!"

"I-I'm not s-sure, Chairman.." napapayukong sagot ni Noona!

"Bakit hindi mo inalam? Pasyente mo yun?" sabat ni Lolo.

"Psh! I tried my best to feed him, Lolo.. I'm the one who's personally giving him his food! Ipinapatong ko ang tray nya sa bed nya pero tinapon nya lang! Pati yung water na binigay ko itinapon nya kaya ayun nabasag yung glass! I'm doing something for him na hindi ko naman trabaho! Anong gusto nyang gawin ko!? Ang itake out pa sya ng pagkain!? Duh!? Besides, I'm not a Psychiatrist, Lolo.."

"Kahit na.." seryosong sagot ni Lolo at parang napapahiya naman napatingin si Noona sa pagkain nya. **"Randall?"**

"Y-Yes Lolo?" baling ni Randall kay Lolo.

"Maraming klase ng Schizophrenia.. alin don ang pasyente nyong yan?"

"H-Hindi ko rin po alam.. k-kasi ay hindi ako nagduduty sa kanya----"

"Kahit na.." salubong ang kilay na sagot ni Lolo.

"N-Nasa SIS naman po ang pasyente at wala sa BIS.." dagdag ni Randall.

"Kahit pa nasaang ospital yan dito sa Laguna.. Affiliated tayong lahat.."

"S-Sorry Lolo.. Actually.. yung pagpapakain lang naman po ang problema namin sa kanya. Hindi nya kinakain yung food nya at yun ang nagbibigay ng problema samin.. Parati nyang sinasabing may bumubulong sa kanyang wag kainin yung pagkain na yun.. kaya hindi nya kinakain.. Aside from that.. wala na po kaming problema sa kanya.."

"Ehem.." si Chairman. Salubong ang kilay na inilapag nya ang dalawa nyang siko sa table at saka ipinatong ang baba nya sa dalwang kamay nya magkakapit at saka salubong ang kilay na tumingin kina Randall at Noona. **"Ganon ba kayo ka-busy para hindi man lang matignan kung anong lagay ng pasyente ninyo?? Akala ko pa naman ay kailangan ko ng**

matuwa dahil magagaling na Doktor ang mga apo ko.." nakakainsultong tanong nya pa.

He's damn serious.. Yari na naman ako sa huli nito!

Inis akong sumulyap kay Taguro at wala naman syang pakialam.. Panay pa rin ang kuha nya ng pagkain at susubo..

Ang cute nya pa rin kahit walang pakialam hehehehehehehehe..

Nagkakatinginan kami nila Manang at Mommy at pareho rin silang napapatahimik dahil mukhang sasabonin na naman nila Lolo at Chairman si Noona at Randall. Sa twing sasablay kasi ang dalawang yan sa pagsagot sa kanila ay napapagalitan sila.. Kasi ay ganon na lang rin kung ipagmalaki nila sa iba sina Randall at Noona kaya ayaw rin nilang mapahiya.

"Sa dami ng klase ng Schizophrenia.. paano nyo malalaman kung alin sa mga yun ang dapat at hindi dapat nyong gawin kung gayong hindi nyo alam kung alin sa mga Types ng Schizophrenia ang sakit nya??" salubong ang kilay na dagdag ni Chairman at sabay na napatungo sina Randall at Noona. **"Baka naman panay na lang ang atupag nyo sa relasyon nyo kaya naman hindi nyo mapabuti ang relasyon nyo sa pasyente nyo?!"**

"H-Hindi naman po sa ganon.." sagot ni Noona.

"Tsk tsk.. Yan na nga ba ang sinasabi ko.. Unahin ang pag-aaral Dein Leigh!" sigaw ni Chairman at natihimik lalo ang lahat!

Pinakiramdaman ko si Taguro..

Bakit parang wala pa rin syang pakialam!?

Patuloy ang pagkuha nya ng pagkain!

Gutom na gutom ba sya?!

"A-Ahh Maxi.. try this one.. Chocolate Hazelnut Cake hihihihi home-made.. Yiiiieeee.." bulong sa kanya ni Mommy.

"S-Sige ho.." sagot ni Taguro na kumuha agad nung Cake.

"G-Gutom ka ba??" nahihiyang bulong ko kay Taguro.

"Mmm.. mahaba yung byahe e.. Hinintay pa kita.."

"B-Bakit ka nagpagutom??"

"Wala akong dalang pera e.. may binili kasi ako.."

"Tsk! Wag mo ngang gugutumin ang sarili mo para lang pakiligin ako!" nakangising bulong ko pa sa kanya.

"Tss.. Assuming ka na naman brader.."

"Hehehehehe.. basta wag na wag kang magpapagutom ah?? Kahit tumaba ka ayos lang hehehehe.. Mas gugustohin ko pa yun para hindi

ka lapitin.."

"Shut up.."

"Kiss ko mamaya ah??" mahinang mahinang bulong ko pa.

"Sige.. basta sapak ang kasunod.."

Bakit ba sya ganyan kabrutal??

"Hindi man lamang kayo nag-abalang basahin ang nakasulat sa Patient's Chart!?" biglang sabi na naman ni Chairman kaya natahimik na naman ako't nakinig!

"N-Nagkataon po kasing busy Chair---"

"Busy!? Sesanghe.." namamangha kunwaring sigaw at biglang bulong ni Chairman! **"Anu-ano ang signs ng pasyente?!"** biglang tanong nya at nagkatinginan lang sila Randall at Noona! **"Anu-ano ang klase ng schizophrenia!"**

Galit na talaga sya!

Nakaramdam ako ng hiya at matinding hiya yun!

Naiinis rin ako dahil alam naman nyang may bisita ako!

Ngayon nya pa talaga napiling bulyawan yung kapatid ko! Tch!

Badtrip!

Nahihiya ako dahil nakikita ni Taguro kung paano kaming pagalitan ni Chairman!

Napatingin ako kay Taguro and this time.. blangko ang mukhang nakatingin lang sya kay Chairman na tumingin rin sa kanya!

Nakakagulat na ngumiti rin si Chairman agad nung makitang nakatingin si Taguro sa kanya.

"Pagpasensyahan mo na ako iha.. ayaw ko lang talaga ng ganyang mga sagot kapag may kinalaman sa pasyente ang usapan.. Hindi magandang ehemplo sa isang bisitang tulad mo na nagnanais mag-aral ng Medisina ang tulad nitong apo ko.." nakangiti munit sarkastikong sabi ni Chairman kay Taguro na tumingin kay Randall.

"Psh.." singhal ni Noona.

Parang napapahiyang napayuko si Randall at tumingin ulit si Taguro kay Chairman na kasalukuyan namang nakasimangot at nakangitin kay Noona!

"I'm very disappointed.." bulong ni Chairman.

"P-Pero Chairman.." si Noona.

"No, Dein Leigh.. You know me.. At ayaw ko sa lahat ay yung iniisip kong nag-aaral kayong mabuti munit ganito pa ang malalaman ko??

Hindi mo alam ang kaso ng pasyente mo dahil *'busy'* ka kamo?! Diyosmiyo, Dein Leigh.. At ikaw Randall!?"

"Y-Yes Chairman.."

"Third year Medicine Student.." namamangha kunwaring sabi ni Chairman. **"And yet.. you know nothing about schizophrenia?! Do you have any idea on how you will handle this certain cases!?"** biglang sigaw na naman nya at napayuko naman si Randall at hindi nakasagot! **"At gusto nyo pang sumama sa Medical Mission kung ganyang mukhang namimili rin lang kayo ng pasyente nyo?! Ang Medical Mission na kinaconduct ng Mommy at Daddy nyo ay hindi tulad ng ibang Medical Mission na nakasanayan nyo! Wala tayong pinipiling sakit at *'lahaaaaaat'* hangga't maaari ay inaabutan natin ng tulong at paunang lunas.. Paano kung nagkataong may makasalamuha kayo doong mentally challenged tulad na lamang ng pasyente nyo ngayon?! Iiwasan nyo... dahil busy kayo?! Sesanghe!"**

Sana matapos na 'to..

"A-Ang hirap po kasi nyang l-lapitan Chairman.. p-parati nyang iniisip na may gagawin kang masama sa kanya.. Ang sabi rin po nung n-nurse na nakaassign sa kanya ay h-hindi rin daw kinakain ang pagkain na ibinibigay sa kanya.. ang nangyayari ay naghahypoglycemic ang pasyente at yung po ang i-inaagapan namin.."

"Kalokohan ang isang yan!" sigaw ni Chairman at natahimik na naman sila! **"E paano ngang kakain ang pasyente nyo e hindi nyo alam kung anong klase ng Schizophrenia ang meron sya! Paano kayong makakakilos ng maayos at maaagapan ang DM nya!"**

"H-Hindi nya nga po kasi kinakain yung pagkain nya.."

"Yan! Yan mismo! Sa pamamagitan ng napansin nyong yan.. pwedeng pwede nyo ng malaman kug anong klaseng Schizophrenia ang sakit nya! Sa pamamagitan ng napapansin nyong yan ay pwede kayong gumawa ng hakbang para mapakain sya at nang sa ganon ay hindi bumaba ang blood sugar nya! Anong klaseng pag-iisip ba naman ang meron kayo!"

Make this stop.. please..

"Think! Hindi kayo aalis sa table na 'to kapag hindi nyo nasagot ngayon kung anong klaseng Schizophrenia yan!"

Sabay sabay kaming napatingin kay Chairman!

"And I'm serious!"

He's really serious!

Badtrip!

Napatingin ako kay Noona at Randall at pareho lang silang nakayuko!

Desserts na ang kinakain namin pero rice pa rin ang laman ng plates nila!

Hindi na sila nakakain ng maayos dahil panay na ang daldal nila mula pa kanina hanggang sa ngayong sinesermunan na sila!

"Kung hindi kumakain ang pasyente ng food na ibinigay nyo.. sa tingin nyo.. anong iniisip nya tungkol sa pagkain na yon??" malumanay na tanong ni Lolo at nagkatinginan naman sila Randall at Noona na sabay ring tumingin kay Lolo dahil walang maisagot! Napapapikit si Lolo at saka bumuntong-hininga habang halatang pinipigilan ang inis nya! **"Ano sa tingin nyo ang klase ng food na kailangan nyong iserve sa kanya para kainin nya yun?!"**

Hindi pa rin sila nakasagot!

"Sesanghe.." bulong ni Lolo na hindi makapaniwala sa kanila! **"Ano ba yan!?! Ha!? Hindi nyo pa ba naranasang humawak ng mentally challenged patient!? Is this your first time!?!"**

"Y-Yeeeess.." mahabang sagot nina Randall at Noona.

"My goodness, Dein Leigh!" sigaw na naman ni Chairman! **"Kahit pa hindi nyo pa naransanang humawak ng ganitong klaseng case.. dapat may background kayo dahil inaral nyo yan!"**

"N-Nalimutan ko na po C-Chairman.."

"Nalimutan!? Nalimutan?! Pero ang pamimili ng damit na gagamitin sa duty hindi mo kailanman nalimutan?! Nag-aral ka pa!"

"Tigilan mo na ang pag-aaral kung ganong nakakalimutan mo lang rin pala ang inaaral mo! Nagsasayang ka lang ng pera! Anong klaseng dahilan yan at anong klaseng pag-iisip ang mayroon ka!? Nakalimutan?! Na-ka-li-mu-tan!? Stupid reason!"

Hindi na naman nakasagot si Noona.

"Yun lang tungkol sa pagkain na yun ay makakagawa ka na ng diagnosis sa isip mo Dein Leigh.." nanginginig ang boses na sabi ni Chairman! Halatang pilit nya lang pinapahinahon ang sarili nya. **"Bakit hindi kinakain ng pasyente ang pagkaing ibinibigay nyo!"**

"D-Dahil... D-Dahil.." naghahanap ng sagot na usal ni Noona.

"Dahil praning sya.."

Napatingin ang lahat kay **TAGURO**!!!

"W-What!?" salubong ang kilay na tanong ni Noona sa kanya! Ngingisi ngisi namang tumingin si Taguro sa kanya dahilan para manlaki ang mga mata nya!

"Hindi nya kinakain ang pagkaing binibigay nyo.. dahil *'praning'* sya.." sagot ni Taguro na ngingisi ngisi pa!

Damn it! Shut up Taguro! Ayan ka na naman e!

Parang pinagsisisihan ko na tuloy na isinama ko pa sya dito!

Kitang kita mo sa mukha ni Taguro ang pagiging sarkastiko! At bakas na bakas naman sa mukha ni Noona ang pagkapikon sa kanya!

"E-Excuse me??" pigil ang inis na anong pa ni Noona pero nanatiling nakatingin si Taguro sa kanya. **"Who says you're allowed to talk here?!"**

"D-Dein.." si Daddy.

"D-Do you think that this is a j-joke?!" nagpipigil parin ng inis na tanong ulit ni Noona kay Taguro!

"Who says I'm joking?" inosenteng tanong ni Taguro sa kanya!

Damn it! She's acting up again!

"P-Please.. shut up.." bulong ko kay Taguro at taka naman syang tumingin sakin!

Dahan dahan tumingin si Taguro sa lahat ng nasa table at saka nagtatakang tumingin sa kinakain nya.. Mas nakakagulat pa nung biglang magsalubong ang kilay nya at saka sumubo ng cake!

Pabagsak nyang ibinaba ang fork nya at saka sumandal sa upuan nya at nagkrus ng mga braso bago tumingin kay Noona.

"Bakit hindi nya kinakain ang pagkain na ibinibigay mo?" tanong ni Taguro kay Noona. **"Dahil praning sya.."**

"You're out of your mind..." pigil ang inis na bulong ni Noona sa kanya. **"You know nothing so just shut up!"** biglang sigaw ni Noona pero nanatiling kalmado si Taguro!

"I'm serious.." seryoso ngang sagot ni Taguro na sumama ang tingin sa kanya! Salubong ang kilay namang pinandilatan sya ng mata ni Noona! **"Hindi nya talaga kakainin ang pagkaing binibigay mo dahil iniisip nyang *'lalasunin'* mo sya.."**

"And why the heck would I do that!?"

"Hindi ko naman sinabing gagawin mo yun.." nakangising sagot ni Taguro sa kanya. **"But his sickness makes him think that you're going to do that.."**

Gulat akong napatingin kay Taguro.

"I think.. he has Paranoid Schizophrenia.." dagdag pa ni Taguro.

CLAP!*CLAP!*CLAP!*CLAP!*CLAP!*CLAP!

Gulat akong napatingin kay Chairman at Lolo nung sabay silang nakangiting pumalakpak!

Bakit?!

"Magnificent!" sigaw pa ni Chairman na namamangha!

Magni---what?!

Napatingin ako kay Taguro at nagtuloy lang sya sa pagkain nya! Napatingin ako kina Chairman at Lolo at nakangiti silang pinapanood kumain si Taguro!

T-Tama ba ang sinabi ni Taguro?!

Hindi ako makapaniwala!

"How did you know that??" namamanghang tanong ni Chairman kay Taguro na saglit pa bago tumingin sa kanya.

"I told you.. she's very intelligent.." bulong pa ni Lolo kay Chairman na agad tumango sa kanya.

"Now I believe you.." sagot ni Chairman kay Lolo! **"You're really interesting.. You're impressing me.."** baling nya kay Taguro.

"Again.. may I know how did you know that??" ulit na tanong ni Chairman kay Taguro.

Hindi agad sumagot si Taguro..

Uminom muna sya ng water at saka ngumunguyang sumandal at tumingin kay Chairman at Lolo.

"Minsan na ho kasi akong nakasalamuha ng mentally challenged student.. Hindi ko sya nakasundo.. masyadong wirdo ang ugali nya at hindi ko nagustohan ang ginagawa nya sakin.. pero nagdadalawang-isip akong patulan sya.." seryosong sagot ni Taguro. **"Napansin kong may kakaiba sa ugali at iniaasta nya kaya naman, pumasok sa isip kong.. baka may sapak sya.. Hinanap ko sa libro ng kapatid ko kung anong posibleng sakit nya o kung meron mang sakit na tulad nung personality na meron sya at bago ko mabasa ang Bipolar disorder e napadaan ako dyan sa Schizophrenia na yan.. Ang totoo.. hindi ko nga alam na ganyan pala ang bigkas nyan.. Iskitsophrenia pala.. akala ko kasi.. shisophrenia.."**

"Hahahahahahahahahaha!!" natawa sina Lolo at Chairman sa kanya.

"Iyon ba yung kay Miss Baylon, Miss Pein??" tanong ni Lolo kay Taguro na agad namang tumango sa kanya.

"Yes Dean.. Pumasok kasi sa isip ko na.. may sapak sa ulo ang babae'ng yun.. Kasi.. kapag ako ang kaharap nya.. parang nauulul sya.. Tapos kapag kaharap nya na si Deib.. biglang nagiging inosente ang dating nya.. Tss.. nacurious lang naman ako kung may ganong sakit.. kaya yung napapansin ko sa kanya, hinanap ko sa libro.."

"At nakita mo sa Bipolar Disorder??"

"Mmm.. nung una akala ko ay yang Schizophrenia ang sakit nya.. Pero nung mabasa ko yung Bipolar.. mas maraming signs yun na nasa kanya, out of 10 ay nasa 8 ang napansin ko sa kanya.."

"Mahirap idiagnose ang Bipolar Disorder.. pano mo nasigurong tama ka!?" inis na tanong ni Noona kay Taguro!

"Naisip ko rin yan.. Naisip ko ring.. hindi naman ako doktor para idiagnose na may Bipolar Disorder sya.." blangko ang emosyong sagot ni Taguro. **"But the fact na umamin sya tungkol sa sakit nya.. sa tinign ko.. tama ang diagnosis ko.. Alam nya ang sakit nya, Dein.. Hindi nga lang alam ng mga magulang nya.. Funny.. I can still recall kung panong ipinamukha sakin ng Daddy nya na doctor sya pero hindi nya man lang napansin ang kakaibang acts ng anak nya.. Mmm.. siguro nga ay tama sila, sa school kadalasan napapansin ang mga kakaibang attitude and acts ng bata.. And you were there.. you know what happened.."** nakangising sagot ni Taguro. **"At sa tingin ko.. sa mga libro at napag-aaralan mo rin lang naman ibinabase ang pagdadiagnose mo sa pasyente mo, hindi ba??"**

Hindi nakasagot si Noona! Bakas sa mukha nya ang pagkapahiya at napatungo na lang sya! Kay Randall naman tumingin si Taguro!

"Sabi don sa nabasa ko.. para kumain ang taong may Paranoid Schizophrenia ay kailangan mo silang bigyan sealed foods.. Yung mga pagkaing sila ang magbubukas.." sabi ni Taguro na deretsong nakatingin sa mga mata ni Randall at saka muling tumingin kay Noona na inis pa ring nakatingin sa kanya. **"And they're not as dangerous as you think.. Although the delusional thoughts and hallucinations of schizophrenia sometimes lead to violent behavior, most people with schizophrenia are neither violent nor a danger to others.."**

"At bakit naman kita paniniwalaan!? E high school ka lang naman!" sigaw ni Noona sa kanya.

"Dein!" sigaw ni Daddy.

"Look.. how dare you talk like that to us?! What do you know about Medicine?! Huh!?"

"We're talking about Psychiatry here.." nakangising sagot ni Taguro. **"Hindi ko naman kailangang makatapos ng Medisina para mabasa ko ang libro nyo.. and besides.. May mga medical terms na hindi ko maintindihan pero may medical dictionary rin naman kayo kung tawagin.. Marunong naman akong mag-ingles kahit papano.. I'm just sharing what I've read.. hearing what I've said doesn't mean that you have to follow me.."**

"At pano ka nakakasigurong tama ang nabasa mo!?"

"Mas kapanipaniwala ang libro kesa sakin Dein.. bakit hindi mo na lang subukang basahin??"

"W-What?!"

"Walang masama kung itatry mo.."

"Psh.. at pano ka nakakasiguro'ng tama ang pagkakaintindi mo sa nabasa mo!?"

"Itatama naman siguro ako nila ako kung.. mali ang pagkakaintindi ko?" sarkastikong tanong ni Taguro.

"She's correct, Dein Leigh.." si Lolo at natahimik si Noona!

Sapakin ako ngayon na!!!!

"Enough!" sigaw ni Chairman. **"I can't believe this.. Medicine Students who knows nothing about Schizophrenia versus a high school student who knows nothing about Medicine but is able to answer my questions regarding a patient's health condition is now arguing in front of me!?"**

Napatungo ang lahat!

Hindi ko malaman ang mararamdaman ko..

May inis sa dibdib ko.. pero meron rin namang humahanga..

Humanga talaga ako kay Taguro pero naiinis rin ako dahil ramdam ko ang pagiging sarkastiko nya!

"Let's end this here!" sigaw na naman ni Chairman! **"I'm afraid I might say something unpleasant!"** galit na tumayo si Chairman at saka umalis. Sabay sabay naman kaming tumayo at yumuko kahit nakaalis na sya.

Nung maupo kami ay sabay sabay na napabuntong-hininga ang lahat!

"Get out of here.." inis na bulong ni Noona kay Taguro.

"Dein!" suway ni Lolo sa kanya! Pero hindi nya 'to pinansin!

"Are you making fun of me!? In front of my family!?" galit na tanong ni Noona pero hindi sya sinagot ni Taguro! **"I accepeted you in a nice way here.. pero anong ginawa mo?! Can't you answer in a nice way!? Masyado kang mayabang!"**

"Tss.."

"What!?" pasugod na tanong ni Noona kay Taguro na hindi man lang natinag sa kanya! **"Masyado ka talagang mayabang!"**

"Enough!" si Lolo.

"Get that person out of here Deib.. baka kung ano pang magawa ko dyan!"

"I said, Enough!"

"Ano ka ba Dein!?" inis na tanong ni Lolo sa kanya! "Irespeto mo ang bisita!"

"Bisita?! Ako ba inirespeto ng bisita, Lolo?! Ipinahiya nya ako sa harap ni Chairman at sa harap nyo tapos irespeto pa rin ang bisita?!" inis na tanong ni Noona kay Lolo!

"Kung ganon ay dapat ba naming ikatuwa ang naging sagot mo sa mga tanong ng Chairman?! Daladalawa kayong tinanong pero nakasagot ba kayo?! Hindi ka ipinahiya dahil kusa kang dapat na mahiya! You talk like you know nothing about Medicine that's why Chairman got mad! Alam mo ba kung gaano kung ipagmalaki nya kayo sa mga taong nakakausap nya?! Higit pa sa pagyayabang ng isang 'to!" sigaw ni Lolo na itinuro si Taguro! **"Kung nayayabangan ka sa kanya ay mas mayabang pala si Chairman kung ganon?! Dahil kung ipagmalaki nya sa ibang tao ang katalinuhan nyo.. sya na ang pinakamayabang na tao sa buong mundo! He's more than proud.. but you disappoint him.. us.."** mahinang dagdag ni Lolo at saka tumayo. **"Thanks for the dinner.. I'm going.."**

Pinanood pa namin kung paanong umalis si Lolo!

Damn it!

Hindi ko malaman kung anong sasabihin ko!

May tensyon sa pagitan nila Taguro at Noona at kami naman ay nagpapakiramdaman pare-pareho ng sasabihin!

"I think I should go too.." mahinang sabi ni Taguro na agad tumayo.

"T-Taguro.." mahinang bulong ko sa kanya.

"Yeah.. I think you should go too.. You're causing a lot of trouble.." sarkastikong sabat ni Noona na nakatingin sa kanya.

"Thanks for inviting me over.." nakangiting sagot ni Taguro sa kanya at saka sumeryoso. **"Study hard.."**

Napatingin ako kay Noona at talagang nagngalit ang mukha nya!!!

This is trouble!!!

"I think we should talk.."

Napatingin ang lahat kay Randall ng bigla 'tong tumayo at naglakad papalapit kay Taguro at malumanay na hinila 'to palayo!

Nagkatinginan kami ni Noona at pareho naming hindi alam kung pano magrereact sa scene na yun!

Bakit kailangan nilang mag-usap!? Anong pag-uusapan nila!

Umakyat ang inis sa ulo ko at kabadong hinabol sila ng tingin papalabas ng bahay!

RANDALL'S POV

Malumanay kong hinila si Maxpein papalabas ng bahay at salubong ang kilay nyang tumingin sakin matapos ko syang bitiwan.

"What was that?" inis na tanong ko na nakaturo pa sa loob ng bahay!

"What?!" salubong ang kilay na tanong nya!

"Bakit mo ginanon si Dein!?"

"What!? Anong ginawa ko sa kanya?!"

"Pinahiya mo sya! Are you making fun of us!?"

"W-What!? Pwede ba?!" inis na tanong nya at mas nainis naman ako!

"Look, Pein.. Napahiya kami ni Dein sa ginawa mo!"

"Sinasabi mo bang intensyon kong gawin yun?"

"H-Hindi pero---"

"Bilang Medicine Student.. tama sila.. Obligasyon mong malaman ang sakit ng pasyente mo.. Kahit naman siguro sino magagalit sayo---"

"Pero sana nanahimik ka nalang!"

"Tss.."

Pilit kong pinakalma ang sarili ko at malumanay na tumingin sa kanya matapos bumuntong-hininga.

"Are you okay??" nag-aalalang tanong ko.

"What?!" inis na tanong nya pa rin.

"Okay I-I'm sorry.."

"What are you saying?!" takang tanong nya. **"Tss..."**

Bumuntong-hininga ako at saka tumingin sa kanya.

"S-Sana kasi hindi ka na lang nagsalita.."

"I'm just sharing kung ano mang nabasa ko.. hindi ko intensyong ipahiya kayo.. Tss.."

"Pero sana nga hindi ka na lang nagsalita.."

"Tss.. edi hindi ako nakauwi!?"

What!?

Taka akong tumingin sa kanya!

"Hindi daw pwedeng tumayo hangga't hindi nasasagot yung tanong nung Chairman.. pano ako makakauwi!? Tss!"

"Hahahahahhahahahaha!" hindi ko napigilan ang sarili kong matawa dahil sa kakyutan ng sagot nya!

Natatawa pa rin akong napatingin sa kanya at nagtataka naman syang tumingin sakin!

"I'm sorry for laughing.. is just that.. you're giving me a cute and funny reason.."

"Tss.."

"I'm sorry okay??" malumanay na sabi ko at saka tumingin sa mga mata nya na agad naman nyang iniiwas. **"Nag-enjoy ka ba sa Palawan??"** tanong ko at hindi sya sumagot. **"K-Kumusta kayo ni Deib??"**

"Why do you wanna know?"

"I-I'm just asking.."

"Don't ask.."

Napapahiyang naiiwas ko ang paningin ko sa kanya at saka napabuntong-hininga.

"H-Hindi ko kasi alam na mahilig ka na palang magswimming ngayon.."

"Ganon pa rin naman.."

"Ha?? E bakit nagswimming ka?" natatawang tanong ko.

"Yun lang naman ang pwedeng gawin don.." walang emosyong sagot nya.

"E-Edi nagswimming ka nga?"

"Mmm.."

"Nag-enjoy ka naman ba?"

"Bakit naman hindi?"

Kapag ganyan ang sagot nya, pakiramdam ko lagi ay galit sya!

Pakiramdam ko ay ayaw nya akong kausap!

Please... kahit konting minuto lang.. Talk to me seriously..

"Edi nagsnorkeling kayo?" tanong ko ulit.

"Mmm.."

"E d-diba... a-ayaw mo sa isda??" gulat na tanong ko at natigilan sya.

"Naalala mo pa yun?"

"O-Oo naman!" sagot ko!

"Tss.."

"P-Pero... di ba ayaw mo sa isda?? Pano ka nakapagsnorkeling?!"

"Lumangoy.."

"P-Pano?"

"Kung panong magsnorkeling.. ganon ang ginawa ko.." parang nauubos ang pasensyang sagot nya!

"M-Magkasama ba kayong natulog ni Deib sa iisang kwa---"

"Hindi.." biglang sagot nya at nakahinga ako ng maluwag. **"Hindi ako ganon.."** dagdag nya at nagitla ako!

"T-That's not what I meant.." sagot ko at hindi sya nagreact.

"If there's nothing else you'd like to talk about.. I think I can go now.."

"P-Pein.." habol ko sa kanya nung tatalikod na sana sya. **"C-Can I take you home?"** tanong ko at nagulat sya.

Hindi sya nakapagsalita..

Takang napatingin sya sakin at hindi ko naman malaman ang sunod na sasabihin..

Kinabahan ako bigla at hindi na ako makatingin sa mga mata nya!

Bakit ko nga ba sya ihahatid!? Tsh!

"I m-mean.. its late.. S-Sa tingin ko k-kailangan ko na ring u-umuwi.. E-Edi ako na lang ang maghahatid sayo.." pagpapalusot ko habang napapakamot kunwari sa batok ko.

"Hindi na.."

"H-Ha?"

"Wag mo na akong ihatid.."

"B-Bakit? W-Wala namang masama kung i-ihahatid kita.."

"Tss.. nag-iisip ka ba?!" inis na tanong nya at natigilan naman ako! **"Nakita mo naman kung pano kaming nagkainitan ni Dein sa loob di ba?! Tapos ikaw pa maghahatid sakin!? Nag-iisip ka ba?!"**

Yeah right!

Napatungo ako sa pagkapahiya at hindi nakasagot sa kanya.

"Kaya kung ayaw mong dagdagan.. manahimik ka na lang at bumalik don sa loob.. Maaga pa ang laro ko bukas.. uuwi nako---"

"M-Manonood ako.."

"What!?"

"M-Manonood ako ng laro mo bukas.."

"Bakit!?"

"B-Bakit naman hindi?! Bawal na rin ba??" nakikiusap na tanong ko. "A-Ayaw mo bang manood ako!?"

"Tss.. hindi ka talaga nag-iisip e no!?"

"Look.. yung kanina.. A-Ako na ang magsosorry para kay Dein.. pero wala yun.. Bukas wala na yun.."

"Ikaw bahala.."

"Pein.." habol ko na naman sa kanya.

Damn it!

Hindi ko maintindihan ang sarili ko kung bakit ko ba ginagawa 'to!

Kitang kita kong naiinis sya at nagagalit sya sa ginagawa ko pero ewan ko kung bakit meron sa loob kong gustong magpumilit akong gawin 'to!

"I w-want to talk to you.." dagdag ko.

"We're already talking.."

"But there's more that I want to say.. kaya nga a-ako na lang ang maghahatid sayo.."

"What?" salubong ang kilay na tanong nya at natigilan ako.

Ano nga ba?! Ano nga bang sasabihin ko pa?!

Makahalata ka naman Randall.. ayaw nyang kausapin ka kaya manahimik ka na!

Pero.. gusto ko syang makasama..

Kinabahan ako sa naisip ko!

Ano ba 'tong naiisip ko..

"Next time nalang.. palamig ka muna.." mahinang usal nya at saka naglakad papasok ng bahay. Sumunod ako at napatungo ako nung makitang takang nakatingin samin ang lahat.

"Uuwi na ho ako.." pormal na paalam nya sa lahat.

"Ihahatid na kita.." sabat ni Deib at napatingin naman ako sa kanya.

Hindi ko gusto ang narinig ko..

Hindi ko malaman kung bakit naiinis ako nung marinig kong ihahatid nya si Maxpein!

Gusto kong magreact pero hindi ko magawa! Hindi magiging tama ang iaasta ko kapag nagkataon!

"Sige na iho.. ihatid mo na si Maxi.." si Tita.

"Mag-iingat kayo.. salamat sa oras mo Max, iha ha?" si Tito.

"Salamat rin ho sa inyo.."

"Walang-anuman.. Babalik ka ha??" nakangiting tanong pa ni Tito sa kanya at ngumiti naman sya.

Lalo akong nainis!

Sa nakikita ko ay gusto na nila si Maxpein para kay Deib!

Inis akong napatingin kay Deib..

Kung sa kanya sya mapupunta.. ano namang kaya nyang gawin para mapasaya si Maxpein!?

Hindi ko mapigilan ang sarili kong mapatingin sa kanya ng todo at panoorin ang mga kilos nya!

Hindi man lang naalis mula pa kanina ang paningin nya kay Maxpein at kitang kita kung paanong natutuwa sya sa bawat kilos ni Pein!

Naiintindihan ko ang mga ikinikilos nya..

Dahil ganyan rin ako noon..

Yung parang tangang hindi maalis kay Maxpein ang paningin.. Nakangiti habang pinapanood syang gawin kung ano mang ginagawa nya! Parati akong namamangha sa twing ngingiti sya at parati akong humahanga sa twing tatawa sya! Bawat kilos nya parang gusto kong makita!

Sinasaulo ko ang mga galaw at kilos nya.. Pinapanood ko ang mga reaksyon ng mukha nya! Ultimong expresyon ng mukha nya gustong gusto kong nakikita!

Lahat ng tungkol sa kanya inaalam ko..

Lahat ng bagay na man kinalaman sa kanya interesado ako..

Nakikita ko ang sarili ko kay Deib ngayon..

Dahil kung ano sya ngayon, ganon ako noon..

Lahat ng ginagwa nya ngayon, ginagawa ko noon..

Hindi mo alam kung gaano kaswerte ang tingin ko sa sarili ko noon sa twing maiisip kong girlfriend kita..

Nakaramdam na naman ako ng bahagyang kirot sa dibdib ko nung makita kong alalayan ni Deib si Maxpein sa siko..

"I-Ihahatid ko na muna sya.." natinag ako nung biglang nagsalita si Deib sa harap ko.

"A-Ahh oo.." naisagot ko. "I-Ingat kayo.."

"Salamat.."

"S-Sige.." dagdag ko pa na napatinign kay Maxpein. Blangko ang emosyong nakatingin rin sya sakin.

"Excuse me.." pormal na sambit ni Deib at dun ko lang napansing nakaharang ako sa pinto!

Napapahiyang naitabi ko ang sarili ko at saka nila ako nilampasan..

Nakahinga ako ng maluwang nung maramdaman kong wala na sila..

Pero meron namang lumutang na panghihinayang sa loob loob ko..

Bagsak ang mga balikat na naglakad ulit ako papalapit kay Dein.

"U-Uuwi na rin ako.." mahinang usal ko.

"Sige.."

Napatingin ako kay Dein at nakita kong inis sya.

"D-Dein.."

"Its okay.. just go.."

"A-Are you mad?" mahinang tanong ko.

"Is there something I should be mad about? Should I be mad?"

"O-Of course not.."

"Then.. go.."

"Dein.."

"Take care.." sabi nya at saka naglakad papaakyat..

Gusto ko pa sana syang habulin pero pakiramdam ko napapagod na ako.. Baka mag-away lang ulit kami!

Napatingin ako kina Tita at Tito, ganon na rin kay Manang na kasalukuyang nakatingin na rin sakin.

"Uuwi na po ako.." paalam ko.

"Mag-iingat ka iho.." si Tita.

"Opo.. Salamat Tita.. Tito... Manang.."

"Ingat ka pauwi.." si Tito.

"Salamat po.."

"Ingat iho.." si Manang..

"Thanks Manang.."

"Pasensya ka na sa Chairman ha?" si Tito.

"W-Wala po yun.. sanay na po ako.." nakangitng sagot ko.

"Mmm.. at ang mga sinasabi naman nya ay para rin sa inyo.."

"N-Naiintindihan ko po.."

"O sige na sige na.. Masyado ng gumagabi at baka may pasok ka pa bukas..."

"Sige po.." nakangiting paalam ko at saka ako tumango sa kanila at tumalikod..

Naglakad ako papalabas pero..

Makakasalubong ko ang ngiting ngiting si Deib!

Hinarang ko sya at gulat naman syang napatingin sakin.

"A-Akala ko ba ihahatid mo si Pein??" gulat na tanong ko.

"Mmm.." sagot nya.

"E s-san ang punta mo??" tanong ko at napangiti sya.

"Ahh.. may naiwan lang.."

"A-Ano yun?"

"Regalo ko.."

Regalo!?

"R-Regalo??" tanong ko.

"Mmm.. regalo.."

"A-Anong regalo?? H-Hindi nya naman birthday di ba??"

"Twing birthday lang ba pwedeng magregalo??" sarkastikong tanong nya at natigilan naman ako. **"Mmm.. uuwi ka na ba?? Ingat.."** sabi nya na tinapik pa ang balikat ko at saka naglakad papasok ng bahay.

Saglit pa akong natigilan at saka naglakad papalabas ng bahay nila..

Pumunta ako sa kotse ko pero bago ako sumakay ay nilingon ko ang kotse ni Deib kung saan alam kong nakasakay si Pein..

Dahan dahan akong lumapit don at kinatok ang bintana..

Nakangiting tinignan ko si Pein.

"Ingat kayo ah?"

"Uuwi ka na rin?"

"Mmm.." nakangiting sagot ko.

"Ingat rin.."

"Salamat..."

"Mmm.."

Asta syang sasarhan na ang bintana pero iniharang ko ang kamay ko don!

"M-Mmm.. d-dumating na nga pala si Tim.." pahabol ko.

"Tim?"

"Yeah.. si Tim.. T-Tim Sales.."

"Ahh.. si Timothy.."

"Yeah.."

"Oh?"

"Mmm.. and he's inviting us over.."

"San?"

"Sa The Barb.. this Friday.." sagot ko at natigilan naman sya.

"Bakiit daw?"

"Magpapaparty sya kasi ikakasal na sila ni Nessa.."

"Ahh talaga.." parang walang interes na sagot nya.

"C-Can you come?" interesadong tanong ko.

Sana pumunta sya.. Sana pumunta sya.. Pumayag ka na.. Pumayag ka..

"Okay.."

"T-Talaga!?!" namamanghang tanong ko at nagtaka sya.

Agad kong inayos ang sarili ko.

"I m-mean.. talaga?" simpleng tanong ko.

"Mmm.. I work there.. Remember?"

"A-Ahh.. H-Hehehe.. e-edi parang makakapunta ka lang k-kasi may p-pasok ka at trabaho sa a-araw na yun?"

"Mmm.."

"P-Pein.. Tim's our friend.. w-wala naman sigurong masama kung makikijoin ka sa kanila..?? D-Diba??"

"Um-okay na nga ako di ba?"

"O-Oo nga.. e p-parang pupunta ka lang kasi dahil may trabaho ka sa araw na yun.."

"Wala akong trabaho nun.. kaya pupunta talaga ko.."

"T-Talaga?"

"Tss.. bakit ba parang hindi ka makapniwala? Are you expecting me not to come?" natatawa'ng tanong nya at natigilan na naman ako para pagmasdan ang tawa nyang yun!

Damn.. I miss watching this..

I miss watching her smile and laugh.. this close..

Napabuntong-hininga ako at ngumiti rin sa kanya.

"N-No.. it's not like that.. hahahaha.." napapahiyang sagot ko at ngumiti naman sya.

"Ehem.."

Napalingon ako sa bandang likuran nung marinig ko ang kunwaring ubo na yun..

Si Deib..

"D-Deib.." usal ko at saka bahagyang lumayo sa bintana ni Maxpein. Napatingin ako kay Deib at sa bibit nya.. Isang katamtaman ang laking paper bag.

Blangko ang mukhang tumingin sya sakin at saka tumingin kay Maxpein.

"Makakaabala ba ako??" nakangiting tanong nya.

"A-Ahh hindi.. u-uuwi na rin ako.. May s-sinabi lang ako kay Pein.." sagot ko.

"I see.. go ahead, take your time.."

"A-Ahh hindi.. Tapos na.."

"I see.. so, I guess I can take her home?"

"Y-Yeah.. Yes of course.. Ingat.."

"Ingat rin.." sabi nya at saka muli akong tinapik sa balikat at naglakad papasok sa pinto nya. **"Let's go?"** dinig ko pang tanong nya kay Pein na agad tumango at tumingin sakin.

"Sibat na kami.." si Pein.

"S-Sige.. ingat.." pilit ang ngiting sabi ko na kumaway pa sa kanya.

Nung panoorin ko silang papalayo... bumagsak ang mga balikat ko..

Don ko lang naramdaman ang matinding lungkot..

Noon, ako ang naghahatid sa kanya..

Noon, ako ang nagreregalo sa kanya..

Noon, sakin lang sya sumasama..

Noon, hindi ko na sya kailangang yayain dahil kusa syang sumasama..

Noon, hindi ko namimiss ang mga ngiti nya dahil maya't maya kong nakikita..

Noon, ramdam na ramdam kong mahal nya ako..

Pero lahat nang yon.. hindi na ngayon..

Nakaramdam na naman ako ng kirot sa dibdib ko..

Miss na miss na kita Pein..

Bagsak ang balikat na tinanaw ko sila ulit habang papalayo..

DEIB'S POV

"Let's go??" pilit ang ngiting yaya ko kay Taguro.

"Mmm.." sagot nya na tumango pa at saka tumingin kay Randall at sinarhan ang bintana. PInaandar ko naman agad ang kotse ko.

Hindi ako nagsalita..

At nasasaktan ako dahil nakikita kong palihim nyang tinitignan si Randall sa side mirror habang papalayo kami..

Napahigpit ang kapit ko sa handle ng paperbag at manibela..

Damn it..

Kayanin mo Deib.. tandaan mo ang sinabi nya.. Hintayin mo sya kahit pa nasasaktan ka na..

P-Pero hindi ko naman inaasahang magiging ganito kasakit...

Parang maluluha ako sa nakikita ko kaya naman pinindot ko agad ang music player ko at kunwaring nagfocus sa pagmamaneho..

Napabuntong-hininga ako ng tumugtog ang unang kanta..

Now Playing: From the Bottom of my Broken Heart by Britney Spears

♫ ♪ 'Never look back," we said.. How was I to know I'd miss you so?.. Loneliness up ahead, emptiness behind.. Where do I go? And you didn't hear.. All my joy through my tears.. All my hopes through my fears.. Did you know, still I miss you somehow..' ♪ ♫

Mas nainis ako dahil sa kanta!

Pakiramdam ko ay pinatatamaan ako nung kanta!

Babae pa man rin ang kumanta kaya pakiramdam ko ay si Taguro ang nagsasabi nun!

Ano bang nangyayari sayo Deib, wag ka ngang mag-imagine!

Pero hindi ko maiwasan..

Taguro parang awa mo na.. wag mo na syang tignan.. Ako nalang..

♫ ♪ ' From the bottom of my broken heart.. There's just a thing or two I'd like you to know.. You were my first love, you were my true love.. From the first kisses to the very last rose.. From the bottom of my broken heart.. Even though time may find me somebody new.. You were my real love, I never knew love.. 'Til there was you.. From the bottom of my broken heart.. "Baby," I said, "please stay... Give our love a chance for one more day".. We could have worked things out.. Taking time is what love's all about.. But you put a dart.. Through my dreams through my heart.. And I'm back where I started again.. Never thought it would end ' ♪ ♫

Parang pinatatamaan talaga ako nung kanta e..

Sana naman.. hindi tulad nyan ang nararamdaman nya..

Kanina pa kami nakalayo sa bahay pero nananatiling tahimik si Taguro at nakatingin sa labas ng bintana..

Iniisip nya kaya si Randall?'

Hindi ko taalga maiwasang hindi mag-isip..

d>>_<<b

Ano na kayang naramdaman nya??

Sa tingin ko hindi ko na kailangang magtanong.. dahil nakikita ko na..

Napabuntong-hininga ako at agad namang nangilid ang mga luha sa mata ko..

Si Randall pa rin..

Sunod sunod ang haplos at kirot na yun sa dibdib ko at hindi ko alam kung panong maalis yun..

Pilit kong wag pairalin ang lungkot sa puso't isip ko kaya naman inis akong pinindot ang player at pinalitan ang CD!

Sige.. tignan natin kung yung nararamdaman pa rin ni Taguro ang maging dating sakin nung meaning!

Inis akong pinagpipipindot yung player ko!

Peste.. makisama ka ah! Yung magandang kanta!

Now Playing: God must have Spent a Little More Time on You by N'SYNC

♫ ♪ 'Can this be true?.. Tell me, can this be real?.. How can I put into words what I feel?.. My life was complete.. I thought I was whole.. Why do I feel like I'm losing control?.. I never thought that love could feel like this.. and you've changed my world with just one kiss... How can it be that right here with me.. there's an angel?.. It's a miracle... Your love is like a river.. Peaceful and deep.. Your soul is like a secret.. That I never could keep.. When I look into your eyes.. I know that it's true.. God must have spent.. A little more time.. On you..' ♪ ♫

Hindi ko naiwasang mapatingin sa kanya...

You changed my world with just one kiss, Taguro..

Hindi na nawala sa isip ko yung lambot at dampi ng labi nya..

"Hindi ko alam na fan ka pala nila.."

"H-Ha??" takang tanong ko sa biglaang tanong ni Taguro'ng yun! Taka akong nilingon sya at ngingisi ngisi syang nilingon rin ako!

"Kalalaki mong tao.. fan ka ni Britney??"

"A-Ano!? H-Hoy!"

"Hahahahahahahahaha!!!"

Pakiramdam ko namula ang buong mukha ko sa pagkapahiya!

"Sasoundtrip pa ah.." tatawa tawang bulong nya at saka tumingin sakin. **"Tapos N'Sync?! Hahahahahahah---"**

"H-Hoy! A-Ano naman ha!? M-Masama ba?!"

"Hindi naman.. nakakatawa lang talaga! Hahahahahaha!"

Ano bang nakakatawa?!

Inis akong inihinto sa tabi ang kotse ko at pinanood syang tumawa!

"Mwoya?" mayabang pang tanong nya!

Translation: Ano!?

Hindi ko sya sinagot!

Padabog na pinalitan ko ang CD at ibinalik ang kay Britney Spears! Inis akong tinignan ang likod nung Album at hinanap ang isang kanta at ni-play yun!

Now Playing: Sometimes by Britney Spears!

♫ ♪ 'You tell me you're in love with me.. Like you can't take your pretty eyes away from me.. It's not that I don't wanna stay.. But every time you come too close I move away.. I wanna believe in everything that you say.. 'Cause it sounds so good.. But if you really want me, move slow.. There's things about me you just have to know.. Sometimes I run (sometimes).. Sometimes I hide.. Sometimes I'm scared of you.. But all I really want is to hold you tight.. Treat you right, be with you day and night.. Baby all I need is time.. I don't wanna be so shy.. Every time that I'm alone I wonder why.. Hope that you will wait for me.. You'll see that you're the only one for me.. I wanna believe in everything that you say.. 'Cause it sounds so good.. But if you really want me, move slow..There's things about me you just have to know..' ♫ ♪

Inis akong tiningnan sya at parang natawa na naman sya!

"Tch! Pinagtatawanan mo ba ako!?" inis na tanong ko at ngingisi ngisi lang syang pinagmasdan ako! **"Alam mo bang lahat ng kantang yan ay may kinalaman sayo?!"**

"Tss.. inaano kita?!"

"Tch! Yan! Binili ko yan lahat dahil sayo!"

"Ahh talaga?"

"Oo! Dahil hindi ka mawala sa isip ko!" inis na sabi ko at natigilan sya! **"Yang l-lintik na k-kantang yan!"** sigaw ko na itinuro pa yung player ko! **"Yan! Parang sirang plaka yang nagpapaulit ulit sa tenga ko at kahit ayaw ko kusang pinapatugtog sa radyo!"** inis na sigaw ko at natigilan sya at tumitig sakin! **"A-Alam mo ba kung ilang beses sa isang araw kung marinig ko yan? Ha?! Alam mo ba?!"**

"Hindi.."

"Maya't maya!" sigaw ko!

"Maya't maya naririnig ko yan hanggang sa masaulo ko at nasaulo ko yang pesteng kantang yan ng hindi ko nalalaman! Nasabihan pa ako ng alagad ni Britney Spears ng dahil dyan!"

"Hahahahahahahaha! King inang yan.."

Siraulong 'to.. napapamura pa sa tuwa!

"N-Nung araw na sinayaw mo yan.. n-nung araw na yun! Dun ko nalamang saulo ko na pala yan!"

"Hahahaha talaga? Ayaw mo nun?"

"Tch! Kaya nga inaasar ako ni Tob e!"

"E ano bang kinalaman ko dyan sa kantang yan?!"

"E-Ewan ko rin.." napapahiyang sagot ko.

"Tss.. Baka fan ka lang talaga ni Britney? Dinadamay mo pa ko.. hahahahahaha---"

"Shut up!" inis na sigaw ko at natahimik nga sya! **"Lahat ng kantang nagpapaulit-ulit sa tenga ko e walang kinalaman sayo pero pakiramdam ko lagi ay patungkol sayo! Lahat para sayo! Kinakanta ng isip ko para sayo!"** inis na sigaw ko sa kanya! **"Tapos ikaw.. pagtatawanan mo lang ako at kung anu-anong sinasabi mo!? Tch! Nakakaasar ka, alam mo ba yun?!"**

"A-Ano bang nagyayari sayo..??" takang tanong nya at inis akong tumingin sa kanya.

"Anong nangyayari sakin?!" inis na tanong ko at napaatras sya!

"Nauulul ka na ba?!"

"Oo! Sayo!"

"Tss.."

"Kahit kailan.. wala kang kwenta!"

"Hahahahahahaha! Obligasyon ba talaga ng mga nililigawan mo ang kiligin sa mga sinasabi mo?! Responsibilidad ba talaga naming iappreciate yung mga ginawa mo!? Pwede ba Sensui.. masyado kang madrama hahhahahaha.."

Inis akong iniiwas ang paningin ko sa kanya at tuminign sa labas ng bintana..

Bumuntong-hininga ako at saka nagsalita.

"Nagseselos ako e.." nakangusong sabi ko at nilingon nya naman ako.

"Saan?"

"Natatakot rin ako.."

"H-Ha?? A-Ano bang sinasabi mo!?"

"Nagseselos ako dahil nakikita kong si Randall ang tinitignan mo habang papalayo tayo.. At natatakot akong.. mawala yung sweetness mo sakin d-dahil don.."

"S-Sweetness?! K-Kelan naman ako naging sweet sayo!?"

Inis akong nilingon na naman sya!

"N-Nung nasa P-Palawan tayo! Di ba 'sweet' ka sakin non!"

"H-Hindi ah!" inis na tanggi nya!

"H-Hala Taguro! Amnesia agad?!"

"H-Hoy.. hindi ako sweet! Ikaw ang nagbigay ng kahulugan don sa ginagawa ko! Normal lang sakin yun! Sweet lang talaga ang dating sayo kaya mo nasabing sweet! Sinabi ng wag kang assuming e!"

"B-Badtrip ka naman e!" inis na sabi ko at natigilan sya!

Napayuko ako sa paanan ko at pilit na pinakakalma ang sarili ko!

Nababadtrip ako sa kanya!

Parang sinasadya nya na talagang saktan ako e!

"A-Ano ka ba?! Bakit ba nagkakaganyan ka bigla bigla!?" tanong nya!

"E kanina ka pa kasi e.."

"Inaano kita!?"

"S-Sa bahay.. kung asarin mo si Noona.. A-Ang dating sakin nun, inaasar mo sya para mapahiya sya kay Randall at ipakita sa kanyang mas matalino ka sa kanya! Tapos.. nung paalis tayo.. si Randall yung tinitignan mo! Tapos ngayon pinagtatawanan mo ko imbes na iappreciate mo yung kanta ko na tungkol sayo! Puro na lang si Randall! Buset na Randall! Sabihin mo nga sakin.. ano na?! Nagbago na ba agad yung nararamdaman mo!? Si Randall pa rin ba talaga?? Sabihin mo lang saking, OO! Hihinto talaga ako!" nakangusong sigaw ko sa kanya at natigilan naman sya.

Ano bang sinasabi mo Deib!? OA masyado brad..

Nakaramdam ako ng hiya pero mas nahihiya akong bawiin lahat ng sinabi ko!

Baka isipin nya obssessed ka na sa kanya!

Ang kapal naman ng mukha nya kapag naisip nya yun! Hindi naman nya kasing ganda si Britney Spears!

Hindi ko nilabanan ang mga masamang tingin nya sakin. Pilit kong iniiwas ang tingin ko sa kanya!

"Tss.." singhal nya!

"What!?" inis na tanong ko!

"Praning ka rin pala e.."

"H-Ha?"

"Wala kang pinagkaiba sa pasyente ng kapatid mo.. Praning rin.."

"A-Ano!?"

"Kung anu-ano kasing isinusuksok mo dyan sa maliit na kukote mo kaya kung anu-anong naiisip mo!"

"E wag ka rin kasing kumilos ng kung anu-ano dahil ginugulo mo masyado ang isip ko! Alam mo namang lahat ng kilos mo nakikita ko e!"

"Edi wag mo kong tignan!"

"Hindi ko nga kasi mapigilan!" inis na sigaw ko at natigilan sya! **"Tch! Bahala ka sa buhay mo----hindi ko ibibigay yung panget na teddy bear sayo! Kala mo ha!"**

"A-Ano!?"

"Ewan sayo!"

"Hahahahahaha!" tumawa na naman sya!

Badtrip!

Talagang pinagtatawanan nya lang ako ha!

Bakit may tao'ng kasing sama nya?!

"Mukha kang tanga.. alam mo ba yun??" natatawang tanong nya at nagulat ako!

"A-Anong sabi mo!?"

"Mukha kang tanga.. alam mo ba yun ha?!" inulat nya pa!

Peste talaga! Tibay!

"Kasi.. kung anu-anong iniisip mo tapos isusumbat mo sakin.. Tss.. Kung sa simpleng tingin e nagseselos ka na.. pano pa kaya kapag nalaman mong sa Friday e makakasama ko sya..... baka mamatay ka na?! Hahahahahahaha.."

Friday?! Anong Friday!? Anong meron sa Friday!? Bakit!?

"A-Anong sa Friday!?" inis na tanong ko!

"Dumating yung dati naming kabarkada na ikakasal na.. Magpapaparty sya sa Friday at invited daw kami.."

"Sasama ka naman?!"

"Syempre.. kaibigan namin yun e.."

"A-Ano!? Tch! Bakit ka sasama! Pinayagan ba kita ha!?"

"Nagpaalam ba ko sayo ha?!" natatawang tanong nya!

"Hindi! Kaya nga hindi rin kita papayagan kasi hindi ka nagpaalam!"

"Hahahahhahahahahaha!"

"W-What!!!!"

"Ano ba kita?! Boypren!?"

Hindi ako nakasagot!

"Hoy.. wag na wag mong nililimitahan ang mga kilos ko dahil isa yan sa mga bagay na ayaw na ayaw ko.." nakangiti munit seryosong sabi nya! Natigilan naman ako..

"S-Sorry.." usal ko at saka muling in-start ang kotse ko at pinaandar yun.

Nakaramdam na naman ako sa kirot sa dibdib ko!

Tama nga naman sya Deib.. ano ka ba nya?! Wala naman di ba?! Bakit kasi nagdedesisyon ka mag-isa?! Sa huli tuloy napapahiya ka lang!

Kailan mo ba matatanggap na hindi ka naman nya boyfriend?! At yung nangyari sa Palawan ay naiwan sa Palawan! Wala na kayo sa Palawan kaya tumigil ka na!

Ano ba kasing nangyayari sakin?! Kahit ako nagtataka bakit ako nagkakaganito bigla! Wala ka sa hulog Deib! Haaaaaayyy.. Sana hindi na lang natapos yung Palawan..

Maya maya lang ay nasa kanila na kami.

Mabilis syang lumabas ng kotse at agad ko naman syang hinabol.

"T-Taguro.."

"Oh.."

"S-Sorry.."

"Saan?"

"For being harsh.." sagot ko at nangiti naman sya sakin at tumingin ng deretso sa mga mata ko. Huminga sya ng malalim at saka hinawakan ako sa magkabilang balikat ko.

"Wag ka kasing mag-isip ng kung anu-ano okay!?"

"E k-kasi.."

"Tsk.. hinintay na nga kita kanina.. Sinamahan pa kita sa inyo.. Tapos ngayon, naihatid mo pa ako dito at ngayon ikaw ang tinitignan ko.. Bakit ka pa nagseselos?!"

"E-Eh p-pano kasi.. ginawa mo nga lahat yun p-pero.. k-kaiba pa rin kasi yung tingin mo kay Randall e.. N-Nakakaselos.."

"Tss.. nakikita mo ba kung anong nakikita ko sa kanya!?"

"H-Hindi! Malamang!"

"Yun naman pala e.. edi wag kang magselos.."

"E ano nga bang nakikita mo sa kanya!?"

"Kung anong nakikita mo sa kanya.. edi yun lang rin ang nakikita ko hehehehe.. Hindi namang pwedeng magkaiba si Randall sa paningin

natin---"

"Taguro.." inis na pigil ko sa kanya.

"Oh?"

"Seryoso ako.." seryoso talagang sabi ko at natigilan sya at napabuntong-hininga. Inilabas nya ang sigarilyo mula sa bulsa nya at saka nagsindi ng isa. **"Itigil mo na nga yan.."** pigil ko sa kanya.

"Sabi ko naman sayo.. wag na wag mo kong lilimitahan.. isang pakiusap lang yan.." nakangiti munit seryosong usal nya kaya wala akong choice kung hindi dumistansya na lang para hindi ko malanghap lahat ng usok mula sa kanya.

Huminga ako ng malalim habang nakatingin sa kanya. Pinakikiramdaman ko rin ang sarili ko.

"Y-Yung mga sinabi mo kasi sa Palawan.. H-Hindi mawala sa isip ko." biglang usal ko at napatingin naman sya sakin. **"M-May nagbago ba sa n-nararamdaman mo ngayong nakita mo si Randall??"**

"Bakit mo tinatanong?" tanong nya habang nakatingin sa yosi nya..

"K-Kasi gusto kong malaman..."

"Wag mo ng alamin.." seryosong sagot nya na deretsong nakatingin sakin!

Napapahiyang napayuko na lang ako..

"Ano yung panget na teddy bear na sinasabi mo?" biglang tanong nya.

"H-Ha??"

"Yung panget na teddy bear na sinabi mo kanina.. ano yun?? Sabi mo.. hindi mo ibibigay sakin yun? Nasan yun??"

"H-Ha??" maang-maangang tanong ko!

Ibibigay ko ba sa kanya?!

Pano kung hindi nya magustohan?!

Ang tigas naman ng mukha nya kung hindi pa magustohan yun?! Sya lang ang bibigyan ko ng ganon pag nagkataon!

'At isa pa.. kaya ko binili yun, dahil naalala ko sya!'

Dahil sa kanya.. binili ko yun.. Dahil nakikita ko yun sa kanya! Bwaahahahahahahahahahaha!

~FLASHBACK~

~KNOCK! KNOCK!~

Baka si Taguro yan!?

Engot! Bakit ka naman kakatukin ni Taguro e ilang oras na ang nakalipas mula nung makaalis sya!

Bagsak ang balikat na naglakad ako papalapit sa pinto..

"M-Mang Pitong??" usal ko nung makita ko sya sa labas ng pinto.

"Oh.. handa na ba ang mga gamit mo??" tanong nya. **"Alas kwatro ang flight mo sabi ni Maxwell.. aalis na tayo maya maya dahil mahigit isang oras rin ang byahe sa dagat.."**

"A-Ahh opo.. hehehehe.."

Mabilis kong kinuha ang gamit ko at tinulungan naman nya agad ako.

"Kumusta ang paa mo??" tanong pa ni Mang Pitong habang papunta kami sa kwarto ko kung nasan ang mga gamit ko.

"A-Ahh.. nagulat nga ho akong biglang um-okay e hehehehe.. Salamat po.."

"Naipahinga mo yata kagabi e??"

"Oo nga po.. hehehehehe.. Anggagaling nung mga nag-alaga sakin e hehehehehe.." nangingiting sagot ko at ngumiti rin sya.

"Oh.. eto na ba ang lahat ng gamit mo??"

"Opo.."

"Sigurado ka??"

"Opo hehehehe.. Kanina ko pa po chineck ng chineck yan kasi maaga akong nag-empake.."

"Kung ganon e bababa na tayo?"

"Sige po.."

At kinuha na namin ang lahat ng gamit ko, pero bago pa man ako lumabas e chineck ko muli ang buong kwarto at wala na talaga..

Sa Elevator..

"Uuwi na kayo Sir?"

Napatingin ako don sa Elevator Girl..

"A-Ahh hahahaha.. Yes.."

"Sayang naman.. Saglit lang ang stay nyo dito.."

"A-Ahh hehehehe.."

"A-Ako nga po pala si Beang.."

"H-Hi Beang.."

Nawala lang si Taguro.. tsk tsk tsk..

Hindi ko na pinansin yung elevator girl kahit panay pa rin ang ngiti at tingin nya sakin hanggang sa makababa kami..

"Nag-enjoy ka naman ba dito?" tanong ulit ni Mang Pitong.

"Oo naman po hehehehehe.. bitin nga po e.."

"Aba e pwedeng pwede naman kayong bumalik.."

"Paigurado po yan.. hehehehe!"

Panay rin ang bati sakin nung mga clerks at staffs nung Hotel kaya naman ilang minuto rin bago pa kami nakalabas ulit ni Mang Pitong..

"Oh akina at ako na ang mag-aakyat ng mga yan.." sabi ni Mang Pitong.

"A-Ahh ako na po---"

"Hindi na at hindi pa naman magaling ang paa mo.. Sige na.. ako na at kasama ko naman ang anak ko.."

"Salamat po.."

"O sya mauna ka ng sumakay.."

"A-Ahh e.. m-may dadaanan pa po kasi sana ako e?? Pero s-saglit lang po 'to.."

"O sya sige sige.." sabi nya at sumenyas pa. Nagngitian pa kami saka ako patakbo'ng bumalik doon sa mga tyangge..

Ang laki agad ng ngiti ko nung makita ko doon yung Ale na tindera.

"Oh.. akala ko hindi ka na babalik.." bungad nya sakin.

"Heheheheheh.. kailangan ko pong bumalik kasi baka pagsisihan ko kapag hindi ko nabili yang bibilihin ko heheheh.."

"Oh eto.." sabi nya na inilabas yung stuffed toy na bibilin ko. **"Meron pang mas maganda dyan kaso ay nabili na kanina pang umaga.."**

"A-Ahh.. hehehe.. okay lang po, eto talaga ang gusto ko e.." nakangiting sabi ko at saka itinaas pa sa ere yung stuffed toy.

Hello hehehehehehehehehehe..

"Ang cute mo naman iho... hehehehehehe.."

"Para kang yung anak ko ahehehehehehe.. napapangiti sa twing bibilhan ng regalo iyong nobya nya.."

Pano nya naman nalaman??

"Sa nobya mo yan, hindi ba?" tanong nung Ale habang iniaabot sakin ang paperbag.

"A-Ahh...."

"Hehehehehehe.. matutuwa sya nyan.. kasi naalala mo sya.."

"A-Ahh hehehehehehe.. Sana nga po.. Eto po bayad.." sabi ko sabay abot ng isang libo at saka tumalikod.

"T-Teka iho ang sukli mo---"

"Keep the change.." nakangiting sabi ko at saka kumaway kahit nakatalikod na.

Nakangiting binitbit ko yun hanggang sa makasakay na ako sa yate.

"Oh nabili mo na ba??" tanong ni Mang Pitong.

"Opo hehehehe.." sagot ko na ipinakita pa ang paperbag na bitbit ko.

"Para siguro yan kay Maxpein.."

Alam nya rin?!

"A-Ahh hehehehehehe.."

"Bagay na bagay kayo.."

"Salamat po Mang Pitong.."

"Sana ay makabalik kayo dito.."

"Oo naman po.."

"Sa honeymoon nyo hahahahahahahahaha!"

Loko 'to ah..

Pero.. nice idea.. hehehehehehehe..

~END OF FLASHBACK~

"Hoy!"

"H-Ha??" gulat na tanong ko nung marinig ko ang sigaw nya.

"Ano bang ingiingiti ngiti mo dyan!? Nasan kako yung teddy bear?!" inis na tanong nya pa.

"A-Ahh.. hahahahahah w-wala yun.." napapahiyang sagot ko.

Ano na Deib!? Akala ko ba ibibigay mo?!

Hindi na lang.. Badtrip.. Najajahe ako.

Baka sabihin nya na naman.. baduy ako!

"O-Oh.. s-san ka pupunta?!" gulat na tanong ko nung bigla syang tumayo at umastang papasok sa bahay nila.

"Sa loob.."

"H-Ha?! E nag-uusap pa tayo ah?!" inis na tanong ko.

"May kukunin lang ako.. maghintay ka dyan.."

Hindi nya ba ako pwedeng papasukin!?

Inis akong naghintay don!

Mula sa labas ng kotse ko ay tanaw ko sa likuran ang paperbag nung teddy bear na ibibigay ko..

Saka na lang kita ibibigay.. nahihiya ako e.. Baka hindi ka nya magustohan kasi e.. Abnormal kasi yun.. sana maintindihan mo ha?? Hehehehehehehe...

Parang baliw na nagpaikot-ikot ako sa harap ng bahay nila at tumingala nung makita kong namatay ang ilaw sa taas..

Tinanaw ko pa sa pinto ang hagdan para makita ang pagbaba ni Taguro at maya maya lang ay nakita ko nga sya..

"Oh.."

Gulat akong tinignan yung paperbag na ibinato nya!

Saka ako takang tumingin sa kanya!

"A-Ano 'to!?" tanong ko.

"Edi buksan mo.. Tss.."

Taka akong napatingin sa kanya saglit at saka ko dahan dahang tinignan yun paperbag..

Bumilis ang tibok ng puso ko!

TUGUDUG!*TUGUDUG!*TUGUDUG!

Nung tuluyan kong mabuksan ay binuka ko lang ang pagitan ng paperbag at saka sinilip ang nandon..

S-Stuffed T-Toy????

Napatingin pa ako kay Taguro at parang balewala na naman sa kanya ang reaksyon ko!

Kaya naman dahan dahan na lang ulit akong tinignan yung stuffed toy!

B-Binili nya ba 'to para sakin???

TUGUDUG!*TUGUDUG!*TUGUDUG!

Ibig bang sabihin nun ay n-naalala nya rin ako???

Dahan dahan kong kinuha yung stuffed toy sa loob at saka dahan dahan ring itinaas yun.. Bahagya kong ibinaba sa sahig ang paperbag at saka ko hinawakan sa magkabilang kamay ko ang stuffed toy na bigay nya..

Kulay puti na malaking stuffed toy na may red na ribbon sa leeg.. At may maliit na letter ***"D"*** na nakaburda sa bandang kaliwa nito..

Ito na ata ang pinakamagandang stuffed toy na nakita ko...

"P-Para ba sakin 'to??" tanong ko na hindi inaalis sa stuff toy ang paningin.

"Malamang.. alangang ipinakita ko lang sayo? Tss.."

"T-Talaga??" namamanghang tanong ko parin na nasa stuffed toy pa rin ang paningin.

"Oo nga.." mahinang sagot nya pero hindi ko parin sya tinignan! Masyadong maganda yung stuffed toy sa paningin ko! **"Buong oras kang nasa isip ko kaya naman naisipan kong bilhin yan para sayo.."**

TUGUDUG!*TUGUDUG!*TUGUDUG!

Buong oras kang nasa isip ko kaya naman naisipan kong bilhin yan para sayo..

Nagpaulit-ulit sa tenga ko ang sinabi nya..

Dahan dahan akong napatingin kay Taguro pero nakatingin sya sa malayo habang patuloy ang paninigarilyo.. pinagmasdan ko pa sya nung itapon nya ang filter at ibuga ang huling usok na hinithit nya.. Dahan dahan rin akong naglakad papalapit sa kanya at saka mabilis na niyakap sya!

"Hindi mo alam kung gano mo ko napasaya dahil dito.." mahinang usal ko at ramdam ko ang pagkagulat nya pero hindi ko yun pinansin.

"M-Masyado naman yatang m-mahigpit ang pagkakayakap mo.." hirap na hirap na usal nya pero mas hinigpitan ko pa!

Mmmmmmmm....

"Tss... u-umalis ka na nga! N-Nahihirapan akong h-huminga!" inis na sabi nya at umalis na ako ng kusa! Umubo pa sya ng bahagya! **"Ganyan ka ba matuwa?!"** inis na tanong nya!

"Taguro.." pigil ang kilig na usal ko. **"A-Alam mo bang konting konti na lang mababaliw na ako kaiisip sayo tapos ganyan pa ang sasabihin mo??"**

"Ano?!" inis na tanong nya.

"Papatayin mo yata ako sa tuwa at kilig e heheheheheheheh.." biro ko sa kanya.

"Tss.. baliw ka na.."

"Seryoso ako.." seryosong sabi ko at saka muling tumingin dun sa stuffed toy. **"Alam mo bang.. n-ngayon lang ako nakatanggap ng ganito??"** namamanghang sabi ko pa at hindi sya sumagot. **"Tapos galing pa sayo??? Taguro.. h-hindi ko masabi sayo ngayon k-kung anong nararamdaman ko..."**

Hindi sya sumagot pero hindi rin mawala ang ngiti sa mukha ko!

"Tss.. kung magselos ka pa rin.. ewan ko na lang.." nakangising sabi nya na halatang naghahabol ng hininga at hindi ko naman maiwasang hindi matawa.

"H-Hehehehehe.. h-hindi na promise.." nakangiting sabi ko at saka muling pinagmasdan yung stuffed toy. **"Itatabi ko 'to pagtulog ko heheheheheheh.. Ang cute cute mo hahahahahah.."** sabi ko dun sa stuffed toy. **"Kasing cute mo yung nagbigay sayo.. Simula ngayon.. ako na ang Daddy mo heheheheehe at sya naman ang Mommy mo--------"** napahinto ako nung makita kong masama ang tingin sakin ni Taguro.

"Daddy mo na lang rin sya hahahahahahahaha.. Pareho kaming Daddy ha?? Hehehehe.. mukha nmaan syang lalake e.." dagdag biro ko.

"Tss.. wag mo kong isali sa mga kaabnuyan mo.."

"Pero.. salamat talaga hehehehehe.. Hindi mo alam talaga kung gano ako kasaya.. kung gano mo ko napasaya Taguro.."

"Okay.."

Inis akong tinignan sya at pasiring na ibinalik sa stuffed toy ang paningin ko..

"Papangalanan kitang.. Tagsen.. Hehehehe.."

"Eh? Tagsen!? Tss.. san mo naman nakuha yan!?"

"Taguro.. Sensui.. TagSen.. Hahahahaha.."

"Korni mo.."

"Tch!" singhal ko sa kanya.

"Tss.. TagSen e nakita mo ng D ang nakalagay dyan.."

"E ano naman!?" nakangusong sabi ko. **"TagSen ang ipapangalan ko sa kanya.. TagSen Enrile hahahahahahahaha.."**

"Dugong.."

"W-What!?"

"Dugong ipangalan mo hahahahahahahaha.."

"A-Abnormal ka!" inis na sigaw ko sa kanya.

"Tss.."

Bigla kong naalala yung ibibigay ko!

Nakangising tinignan ko si Taguro at nagtaka naman sya!

"Gusto mo ng pangalang Dugong?? Hehehehe.. Maghintay ka dyan.." sabi ko at saka naglakad papalapit sa kotse ko at kinuha yung paperbag ko at nung makuha ko na ay pabato ko ring ibinigay sa kanya! **"Oh ayan! Dugong ang ipangalan mo dyan!" natatawang sabi ko.**

"A-Ano 'to!?"

"Tch! Edi tignan mo!"

"Tss.."

Mabilis nyang binuksan yung paperbag ko at mabilis nya ring kinuha ang stuffed toy dun.

"Sakin 'to!?" gulat na tanong nya.

"Hahahahahhahahahahahaha!" malakas na tawa ko. **"Hindi ka rin kasi mawala sa isip ko kaya binili ko yan para sayo.."**

"Tss.. nag-abala ka pa.."

Siraulo'ng 'to talaga..

"P-Pwede bang magpasalamat ka na lang habang kinikilig?! Abnoy talaga.."

"Tss.. in fairness.. Kamukha mo.."

"A-Anong kamukha ko!? E kaya ko nga yan binili kasi kamukha mo!"

"Tss.. asa!"

"Hahahahahahahaha! Seryoso! Tignan mo.." sabi ko na lumapit pa sa kanya. **"Wirdo ang itsura ng Teddy Bear na yan at wirdo ka.. Baduy manamit parang ikaw.. Hindi yan maganda pero hindi rin naman pangit.. Kaya ikaw na ikaw yan hehehehe---"**

"E ang sabi mo kanina panget?!"

"P-Pangit nga!"

"Ang cute kaya.."

"N-Nagustohan mo??" hindi makapaniwalang tanong ko!

"Oo naman.. kamukha mo e.."

Hindi ako nakapagsalita!

"T-Taguro.."

"Tss..." singhal nya at saka lumayo!

"B-Bakit lumalayo ka?!"

"Tss.. panay iskor mo e.. nakakailang yakap ka na ah.. Sa susunod na gawin mo yun, may libre ka ng sapak.." sabi nya habang tinitignan yung stuff toy na bigay ko. Hindi ko naman maiwasang hindi mapangiti habang tinitignan sya. **"Wag mo kong tignan.."**

Nakita nya pa yon?!

Inis na inalis ko sa kanya ang paningin ko at tumingin na lang rin don sa bigay nya..

"Mag-asawa yung stuffed toy natin hehehehehe.." natatawang sabi ko.

"Ha??? Hanep.. Mag-asawa?! E parehong lalaki yan!"

"Ha?! Anong lalaki-----Aww.. Oo nga no??" sabi ko nung mapansing pareho ngang lalaki yung teddy bear namin.

"Better luck next time Sensui.." nakangising sabi nya at saka tinapik ako.

"Edi gusto mong bigyan kita ulit??" pang-aasar ko sa kanya.

"Umuwi ka na.. Late na.."

Tch! Kahit kailan talaga..

"O s-sige.." sabi ko at pinulot yung paperbag na lalagyan ni Tagsen.

"Magkita na lang tayo bukas.. Ingat ka.." sabi nya na astang tatalikod na pero mabilis ko syang nilapitan.

"Taguro.."

"Oh?"

"Salamat ulit.."

"Okay.."

"W-Wala man lang welcome?!"

"Edi welcome.. Tss.. Sige na.."

"Teka naman.."

"Tsk.."

"B-Bukas ah??"

"Anong bukas??"

"B-Bukas.. kita tayo.."

"Tss.. E ano bang sinabi ko kanina?!"

"I-Inuulit ko lang.. hehehehehe.. S-Sabi mo sakin kanina nung nasa Palawan pa tayo.. H-Hihintayin mo ko sa Parking Lot bukas di ba??"

"Tss.. ako pa talaga maghihintay sayo no!? Asteg ka rin ah.."

"Hahahahahahahaha edi ako ang maghihintay sayo.."

"Ikaw bahala.."

"Hihintayin kita ah??"

"Oo----"

"E kung sunduin na lang kaya kita!?" tanong ko.

"Hindi na.."

Minsan na lang e..

"Sige na.. masyado ng gabi.."

"Sige.. hehehehehehe.. S-Salamat ulit.."

"Ingat.."

"Salamat.." sabi ko at saka naglakad papalapit sa kotse ko. **"T-Tatawagan kita pagkauwi ko.."** nakangiti pang senyas ko.

"Kahit wag na.."

Ang sweet sweet nya talaga!

Nginusuan ko sya matapos nyang sumenyas na umalis na ako kaya naman nakasimangot akong sumakay sa kotse ko! Nakita kong nakatingin rin sya sakin hanggang sa makaalis ako kaya naman natuwa pa rin ako kahit papano hehehehehehehe..

Panay ang lingon ko kay Tagsen na itinabi ko sakin habang nagmamaneho..

"Hehehehehehehe.. Simula ngayon.. hindi ko na kailangang magmukhang tanga dahil nandyan ka na.. May makakausap na ako pag mag-isa ako hehehehehe.. Tagsen.. Tagsen.. Tagsen.. Hehehehehehe.. Gusto mo ba ang pangalan mo ha??" nakangising tanong ko at hinawakan ko pa yung stuffed toy.

Kahit mukhang tanga ay nakangiti pa rin ako hanggang sa makauwi..

"Oh baby, naihatid mo ba ng maayos si Maxi??" salubong sakin ni Mom.

"Opo naman yes, Mom!"

"Wooowww.. mukhang happy ang baby ko ahh?? Yiiieee..."

"Kasi Mom.. binigyan nya ako ng ganito.." sabi ko at pinakita ang gift ko.

"Omo!!! Kyyyaaaaahhhh!! Binigay nya 'to?? Look oh.. may letter D!!"

"Oo nga po e heheheheheh ang sweet nya di ba Mom??"

"Omo.. hahahahaha.. Ang sweet naman pala ni Maxi.."

"Binigyan ko rin sya ng stuffed toy Mom.."

"Really?? Bakit hindi mo muna pinakita sakin??" nakangusong tanong ni Mom at inakbayan ko naman sya kunwari.

"E Mom.. baka kasi sa sobrang cute nun e hingiin nyo pa hehehehehe.. di bale, sa susunod ikaw naman ang bibilhan ko hehehehehe.."

"Yiiieee talaga??"

"Opo naman yes Mom!"

"O sya sige na.. magpahinga ka na at may game ka pa bukas.."

"Sige po Mom.."

Nagpaalam lang ako kina Manang at Daddy at umakyat na rin ako.. Pero bago pa man ako makarating sa room ko..

"N-Noona.." usal ko sa pangalan nya nung makita kong nasa harapan sya ng pinto nya at nakatingin sakin. **"A-Anong ginagawa mo dyan!?"**

"Can we talk?"

"About what?" tanong ko.

"About Maxpein.."

Hindi agad ako nakasagot at nagtataka pa rin akong napatingin sa kanya. Bahagya ko pang naitago sa likuran ko ang paperbag kung nasaan si Tagsen..

Pinagbuksan ko sya ng pinto at sumunod sa kanya papasok.

Inilapag ko ang gamit ko at saka ako naupo sa sofa ko, naupo rin sya.

Hindi agad sya nagsalita at saglit pa kaming nagtitigan..

"What about her?" seryosong tanong ko.

"I still don't like her.."

"Tch.." mabilis na singhal ko. **"If you're gonna ask me to stop courting her.. I'm sorry Noona but---"**

"No.."

Natigilan ako at napatingin lang sa kanya.

"I want you to continue courting her and much as possible.. kailangang maging kayo na.. as soon as possible.."

"Ha?!"

"Yes.."

"B-Bakit?!"

"Anong bakit?! Ayaw mo bang sagotin ka nya?!"

"G-Gusto ko pero.. bakit parang minamadali mo naman ako!?" inis na tanong ko at hindi sya nakasagot! **"Tch! May kinalaman na naman ba si Randall dito!?"**

"Just... do what I said.."

"And why would I do that?!"

"Because.. I want you to do that!"

"No!" inis na sigaw ko. **"Pwede ba?! Ano na naman ba 'to?! Noona.. wala na si Randall at Maxpein.. ano pang ikinagaganyan mo!?"**

"Hindi ko sya kailanman magugustohan----"

"Walang nagsabi sayong gustohin mo sya! Hindi rin naman kita pinilit di ba?! Nagkusa ka!"

"O-Oo nga Deib pero.. sana maintindihan mo namang ginagawa ko 'to para sating pareho---"

"No!" sigaw ko na naman! **"You're selfish, Noona! And you're doing that for yourself! Bukod sa sarili mo wala na!"**

"Deib.."

"Ano bang nangyayari sayo ha?! Bakit ba nagkakaganyan ka!? Noona.. wala na si Taguro at Randall! Ano pa bang dahilan para magkaganyan ka!? Sayo'ng sayo na si Randall di ba?!"

"You d-don't understand.."

"Then make me understand!" sigaw ko at napatungo sya. **"I can't understand dahil hindi mo pinapaintindi sakin! Bakit hindi mo sabihin sakin ang dahilan at susubukan kong intindihin! Pero kung sasabihin**

mo sakin na dahil ganito ganyan si Taguro at si Randall.. hindi ka makakaasa sakin!"

"Deib.."

"Noona!" sigaw ko sa kanya at nagita sya! **"Noona.. hindi ko mamadaliin si Taguro'ng sagotin ako para sayo.. dahil gusto kong sagotin nya ako dahil gusto nya!! Naiintindihan mo!?"**

"Gusto ko lang naman kasing mawala na totally yung chance na magkabalikan silang dalawa D-Deib e!"

"A-Ano ka ba?! Wala ka bang tiwala sa boyfriend mo ha?! Anong nangyayari sayo?! Alam mo ba kung anong iisipin ni Randall kapag narinig nya yang mga sinasabi mo?! Iisipin nya.. baliw ka!"

"I don't care! Just do what I said!"

"No!" sigaw ko sa kanya na dinuro pa sya! **"Don't you dare tell me what to do and how to handle my relationship with Taguro dahil lang dyan sa mga kapraningan mo kay Randall, Noona.. Dahil sinasabi ko sayo.. kapag iniwan ka ni Randall dahil dyan sa mga kabaliwan mo hinding hindi kita tutulungan!"**

"Deib naman e!"

"Please! Noona---Please!" sigaw ko na iniharang pa ang dalawang kamay ko! **"Wala akong makitang dahilan at hindi ako kumbinsido sa dahilan mo para madaliin kong sagotin ako ni Taguro! Nag-eenjoy ako sa kung ano kami ngayon at masaya ako sa kung ano kami ngayon! Pwede bang wag kang makialam!? Nagkasagutan lang kayo kanina nagkaganyan ka na! Kung anu-ano nang naisip mo! This is crazy!"**

Hindi sya nakapagsalita at nanatili syang nakatungo!

Pilit kong pinakalma ang sarili ko at saka ko sya nilapitan..

"Noona.. please stop.." mahinang bulong ko. **"Matagal na silang wala.. Nasayo na si Randall, ano pa bang kailangan mo?? Okay.. I'm sorry.. Hindi ko kayang pagbigyan yang request mo dahil.. ayaw ko rin namang ipahamak ang sarili ko.. ayaw kong pag-isipan ako ng masama ni Taguro.."**

"N-Naiintindihan ko.."

"Noona.."

"I'm sorry rin.."

"Bakit ba kasi?" malumanay na tanong ko.

"Hindi ko talaga maiwasang matakot e.."

"Saan nga??"

"Na magkabalikan sila.."

"N-Noona.. Ano bang nakikita mong dahilan para magkabalikan sila?? E nandyan ka at eto ako... kung wala akong pag-asa kay Taguro.. edi umpisa pa lang binasted nya na ako!?"

"E-Eh kasi---"

"Tsk.. wag ka kasing paranoid.."

"H-Hindi naman kasi ganon yun e.."

"Noona.. trust me.. Okay??"

"Psh.." singhal nya at saka tumayo.

"And please.. wag mo na ulit babastusin si Taguro.."

"Sabihan mo rin syang wag akong bastusin.."

"Hindi ka naman nun gaganunin kung hindi ka nauna, Noona.."

"Psh.. whatever.."

Hindi na sya nagsalita at nagderederetso na lang palabas..

Don ako nakahinga ng maluwag! Pero hindi ko talaga sya naintindihan kanina!

Tch..

Hindi ko na inisip pa yon at naligo na ako at pagkatapos ay natulog katabi si Tagsen..

MAX'S POV

♫ ♪ 'Lying in my bed I hear the clock tickin and I think of you.. Caught up in circles.. Confusion, there's nothing new.. Flashback, warm nights.. Almost left behind.. Suitcase of memories.. Time after..... Sometimes you'll picture me.. I'm walking too far ahead.. You're calling to me.. I can't hear what you say.. You say, go slow.. I fall behind.. The 808's on time.. If you're lost, you can look.. And you will find me.. Time after time.. If you fall, I will catch you.. I will be waiting.. Time after time..' ♪ ♫

****Song Title: Time after Time by INOJ****

Nagising ako sa malakas na tugtog kaya naman nakasimangot akong bumangon..

Tss.. si Yaz yan panigurado.. Tsk..

Hindi ko na sila masyadong kinausap ni Naih kagabi dahil pagod na pagod na talaga ako..

Bago pa man ako tumayo ay nahagip ng paningin ko yung stuffed toy na bigay ni Sensui..

Tss.. akalain mong pareho pa naming binilhan ng stuffed toy ang isa't isa?! Korni..

Kinuha ko yun at sinipat na maige na hindi ko na nagawa kagabi..

Simple lang sya pero ayos na rin naman..

Gawin mong itim.. magmumukhang Voodoo doll.. Tss..

Naalala ko kung anong itsura nya kagabi nung makita nya yung stuffed toy na binigay ko sa kanya..

Tss.. parang bata.. Simpleng bagay, tuwang tuwa..

Saka ko muling tinitigan yung bigay nya..

Parang pamilyar ka sakin ah??

Muli kong tinitigan yung stuffed toy at..

"Tss.." napasinghal pa ako sa sarili ko nung maalala ko kung san ko yun nakita!

Sa Palawan rin... Akalain mo nga naman.. iisang tindahan lang pala binilhan namin..

~FLASHBACK~

"Hoy.." si Naih. Nilingon ko naman sya. **"Bakit mag-isa ka na lang dyan?! Nasan na si Sensui!?"**

"U-Umakyat na.."

"Oh?! Bakit?"

"Ewan ko.."

"Hmmm.. nag-away kayo?!"

"Hindi.."

"Ows?!"

Hindi ko na sya kinausap pa..

Maya maya..

"Tara don.."

"San!?"

"Don.." turo nya kung saan namin hinatid yung bata'ng nawawala kanina.. **"Nakita ko maraming tyangge don... bibili akong souvenirs.. hehehehehehe.."**

Hindi ko na sya sinagot at tumayo na lang ako at nagpunta na nga kami don..

"Teka.. eto.. eto.." sabi nya na nakaturo sa mga keychain. **"Bibilan ko sila Michiko hehehehehehe.."**

At nag-umpisa na syang pumili ng mga bibilihin nya. Nanatili naman akong nanonood sa mga ginagawa nya.

"Tara don.." yaya nya nung matapos na sya.

"Teka.."

"Bakit? May bibilin ka?"

"Bilan mo rin si Lee.."

"A-Ano!?"

"Bilan mo rin kako si Lee.."

"Psh! At bakit ko naman bibilhan yun!?"

"Bilhan mo na.. bibilan ko rin si Sensui.."

"H-Ha?!"

"Tss.."

Hindi ko na sya pinansin at nagpunta na lang ako don sa kabilang tyangge..

Tinignan ko kung anong mga tinda nung Ale na nakangiti na agad sakin..

Puro stuffed toy ang tinda nya at lahat ay magkakaiba..

Napansin ko ang isa..

Simple lang pero medyo malaki.. Yun na ata ang pinakamalaki sa lahat ng nandoon.

"Maganda ang isang 'to.." sabi nung Ale don sa tinitignan ko at inabot nya yun sakin kaya kinuha ko.. Don ko lang nakita na may Lette D sya sa harap. **"Mura lang yan.."**

"Kukunin ko na.."

"Talaga? SIge sige hehehehehhe.."

~END OF FLASHBACK~

~KNOCK! KNOCK!~

"Hoy Maxpein! Gising ka na ba?! Mag-aalas siete na!" sigaw ni Naih mula sa labas ng kwarto ko.

"Maliligo nako.." sigaw ko.

"Sige sige.. bilisan mo.."

At inilapag ko na yung stuffed toy na bigay ni Sensui at saka ako naligo..

Mabilis akong kumilos at nung pagkababa ko ay bihis na sina Naih at Yaz at nag-aaway na..

"E sa gusto kong sumama e!"

"Nakakagulo ka lang nga kasi don!"

"What!? Excuse me!? Kailan kita ginulo?! Duh!?" nakapamewang pang sigaw ni Yaz kay Naih.

Hindi ko sila pinansin at nagderetso ako sa dining table para magbreakfast.

"Wag ka ng sumama! Saka ka na sumama!"

"Gusto ko nga kasing makita yung bagong school nyo!"

"Fine! Pero promise me na hindi mo guguluhin si Deib!"

"Whatever! Wala kang magagawa kung gusto kong sumama!"

"Masyado ka kasing malandi!"

"Shut up, Zarnaih! Psh!" sigaw ni Yaz at saka naupo sa harap ko. **"Good morning Maxpein.."**

"Mmm.. morning.."

"Haaay nako.. ang papansin kong kapatid.. ayaw kong pasamahin sa school nyo at baka guluhin ko lang daw si Deib! Ang OA nya lang di ba?! As if namang nakikijoin ako sa kanila ng teammates nya sa basketball court kaya nya nasabing ginugulo ko si Deib!"

Hindi ko sya sinagot!

"Kasi panay ang habol mo kay Deib e hindi ka naman pinapansin!" biglang singit ni Naih na kumain na rin.

"E bakit ba kasi panay rin ang pakikialam mo!?"

"Dahil ako ang nahihiya para sayo!"

"Aneeeeyyy ba yan mga teh! Ang ingay!"

Sabay sabay kaming napalingon sa hagdan at nakita naming pababa si Beka.

"Ang gaganda nyo pero napakabubungangera nyo jusmeh!" dagdag nya pa! **"Puyat pa naman ang mga bakla.."** at saka sya dumeretso at naupo sa harap ko. **"Kumusta naman?! Namiss kita ah!? Nasa iisang bahay tayo pero madalang tayong magkita hahahahhaha.."**

"Okay naman.."

"Mukha nga e.. Hindi pa ba tapos ang sportsfest nyo?"

"Mmm.. may two weeks pa.."

"Ang tagal pala talaga nyan ano?? Nako.. edi matagal pa pala talaga bago kayo makapasok?"

"Mmm.."

"Kumusta na nga pala ang TB??" singit ni Naih.

"TB??" si Yaz.

"Shut up.." singhal ni Naih sa kanya at nginusuan naman sya ni Yaz. **"Pakisabi na lang kila Barb na after nito.. babawi na talaga kami.."**

"Hay nako.. hahahahaha.. Bebenta naman ang TB kahit wala kayong dalawa ano! Hahahaha charot! Pero ang hina ng benta ngayon.. Pano, lahat ng students e nasa sportsfest nyo!"

"Hahahahahahaha talaga?!" si Naih.

"Oo at nakakaloka! Hindi tuloy mabiyayaan ng gwapong lalaki ang mga bakla ngayon! Hindi nakakainspire magtrabaho! Panay shokoy ang gumugora sa TB!"

"Hahahahahahaha e nasan pala si Boy!?"

"Pumasok na ang bakla at sya ang mag-oopen ng Cafe ngayon.."

"Ganon ba.."

Nagkwentuhan pa kami saglit at maya maya lang ay paalis na kami papasok.

"Wag kang malikot dahil talagang ihuhulog na kita at hindi ako nagbibiro!" sigaw ni Naih kay Yaz.

"Edi kay Maxpein na lang ako aangkas!"

"Asa! Hahahahaha ano ka chickz?! Duh!?"

"Huh!?"

"Hindi nag-aangkas yan!"

"E bakit yung kapatid nya?!"

"Duh?! Kapatid nya yun!"

"Whatever.."

Hindi ko na sila pinansin at nagdrive na lang ako papasok..

~BROOOOOOOOOOOOOOOM!!!!~

BIS Parking Lot..

I miss this place..

Saglit ko pang pinagmasdan ang buong Parking Lot pagkababa ko ng motor ko..

Kahit walang nagbago sa itsura ay parang naninibago ako..

Nung marinig ko na ang maiingay na sigawan nung magkapatid at tunog ng motor ni Naih ay kinuha ko na ang mga gamit ko at isinukbit ang bag ko sa likod ko..

~BRIZK! BRIZK!~

Agad kong kinuha sa bulsa ang cellphone ko nung magvibrate yun..

~Randall Calling..~

Pano naman nito nakuha ang number ko?!

"H-Hello?!" sagot ko.

"Hi.. good morning.."

"Pano mo nakuha ang number ko?"

"Aren't you going to greet me first?" natatawa pa kunwaring tanong nya.

"Tss.."

"Hahahaha.. I got from your brother.."

"Si Maxwell?!"

"Si Maxrill.."

"Eh?! Pano!?"

"I called him.. meron syang number sakin.."

Hindi na ako nagsalita..

"Anyway, I just called to say good luck.."

"San?"

"Sa laro mo ngayon.."

Tss.. akala ko ba manonood sya?!

"Thanks.." sagot ko na lang.

"Hindi ako makakanood kasi.. kailangan ko pa lang magduty ngayon.. actually nasa duty nako.."

"Okay lang.. sige, papasok na ako.."

"Galingan mo ah?"

"Bye.."

At ibinaba ko na ang cellphone..

Tss.. hindi naman kita niyayang manood.. ikaw ang nagsabing manonood ka kaya hindi ko na kawalan kung hindi ka manood..

"Good morning.."

Napahinto ako sa ginagawa ko at dahan dahang napalingon sa likuran..

SI SENSUI..

May usapan nga pala kami..

"Kanina ka pa?" tanong ko.

"Hindi naman.. kararating rating ko lang rin nung dumating ka hehehehe.. Good morning.."

"Mmm.. morning.."

"Waaaaaaaaaaaaa si Deeeeeeeiiibbb!!!"

Patakbo'ng lumapit si Yaz sa kanya at naiilang naman nginitian sya ni Sensui na sumusulyap pa sakin.

"G-Good morning.." bati ni Sensui kay Yaz.

"Yiiieee sumama ako dito para panoorin ka hehehehehe.."

"A-Ahh hehehehe.."

"Ang aga mo naman?"

"Mmm.. h-hinintay ko si Max.."

"Ayy.. ganon?"

"Mmm... hehehehehe.."

"Ang aga aga.. brokenhearted ako haaaayyys.."

"H-Ha??"

"Wala!" sigaw nya kay Deib at saka nagwalk-out.

"A-Anong problema nun?" tanong ni Sensui at nagkibit-balikat naman ako. **"Akina yung gamit mo.. ako na ang magdadala.."**

"Ako na.."

"Ako na.. Please?"

"Tss.. ako na.. at wag kang makulet.."

"Tch.. bad mood ka ba??"

"Hindi.. kung hindi ka magkukulit.."

"Okay hehehehehehehe.. Ang cute cute mo kaya wag kang sisimangot.. nawawala ang inspirasyon ko e.."

"Wag ka ring mag-ingay.."

Naglakad kami sabay sabay papasok..

Nahuhuli samin sila Yaz at Naih pero rinig na rinig pa rin namin ang sigawan nilang magkapatid..

"Nakatulog ka ba ng maayos?" biglang tanong na naman ni Sensui.

"Oo.."

"Talaga?! Hehehehehehe.. ako rin e.. Salamat kay Tagsen.."

"Tss.."

"Ang sungit mo.." singhal nya at hindi ko naman sya sinagot. **"Wala pa rin bang pangalan yung stuffed toy mo??"**

"Wala.."

"Tch.. ang aga aga ang sungit mo.. Dapat nga matuwa ka dahil nakatulog ka ng maayos dahil don sa binigay kong stuffed toy sayo hehehehehe.."

"Tss.. asa.."

"A-Anak ng.. wag mo sabihing.. h-hindi yun ang dahilan kaya ka nakatulog ng maayos?!"

"Hindi naman talaga.." pigil ang tawang sagot ko.

"A-Ano!?" gigil na tanong nya. **"E ano!?"**

"Pagod ako e.."

"W-What!? Grrrrrrr! Taguro!"

"Pwede bang wag kang maingay?!" inis na sabi ko sa kanya.

Mabilis akong naglakad at maya maya lang ay nakasalubong ko sina Jigz at Josh sa quadrangle..

"San tayo?" tanong ko.

"Don.." turo ni Jigz sa Billiard Hall.

"Don ang room natin??" tanong ko.

"Oo.."

Hindi ko na sila pinansin at mabilis nakong naglakad papunta don.. Mabilis kong inilapag ang mga gamit ko at saka inilabas ang tako ko para ayusin yun.. Maya maya lang ay pumasok na rin si Sensui.

"Bakit mo ko iniwan!" sigaw nya. Hindi ko naman sya sinagot. **"Hoy Taguro!"**

"Deib.. wag mo munang guluhin si Max.." si Naih.

"H-Ha?? Bakit?"

"May mga oras talagang ganyan sya sa umaga.." dinig kong bulong pa ni Naih.

"E-Eh anong gagawin ko??"

"Pumunta ka na lang muna sa room nyo.. may laro rin kasi kami di ba?"

"Tch.."

~KNOCK! KNOCK!~

Agad akong tumingin sa pinto at nakita ko si Coach.

"Oh.. Enrile.. what are you doing here?!" salubong ang kilay na tanong nya kay Sensui.

"A-Ahh Coach.."

"Aga aga mo namang mamanhikan!?"

"C-Coach naman.."

"Tsk tsk.. Oh Marchessa? Del Valle?? Are you ready!?" baling nya samin.

"Yes Coach.."

"Good.. Luna ang kalaban natin.. bilisan nyo na dyan at nandon na sila sa Gym.."

"Sige Coach.. susunod na kami.."

"Sige.. Hoy Enrile.. Magprepare ka na rin dahil after ng laban nila ay tayo naman.."

"Y-Yes Coach.."

"Mamaya ka na manligaw kapag nanalo ka na.."

"Hahahahahhahahaha!" nagtawanan silang lahat maliban sakin at kay Sensui.

Pinagpatuloy ko ang ginagawa ko at saka ako tumayo nung matapos.. Mabilis namang lumapit sakin si Sensui.

"Hoy sunget.. galingan mo ah?! Manonood ako.." nakangising sabi nya at saka naglakad papalabas ng Hall.

Pasiring akong inalis ang paningin ko sa nilabasan nya at saka tumingin kay Naih.

"Bilisan mo dyan.." sabi ko at saka naglakad papalabas.

"Anong problema nun?!" dinig kong tanong ni Yaz pero hindi ko na sila pinansin..

Ako man ay hindi ko malaman kung bakit biglang nag-iba ang mood ko..

Parang may mali lang talaga akong naramdaman bigla..

Pumasok ako sa Gym..

"Kyaaaaaaaaaaa!"

"Waaaaaaaaaaaaaaa!"

"Tagurrrroooooo!!!"

"We miss youuuu!"

"Leggooooo BIS!!"

"Gooo Lunaaaa!"

"BIS!"

"LU!!"

"Gooo gooo gooo Tagurooooo!!!"

"Parrrroooottt!!!"

"Taguro Brotherrrsss!!!!"

Pakiramdam ko ay ang tagal ko ring hindi nakarinig ng ganitong ingay.. Masyadong tahimik ang naging bakasyon ko kaya naman naririndi ako sa ingay na 'to ngayon..

Mabilis na lumapit sakin si Naih at sabay kaming naglakad papalapit sa mga table at nakita agad namin ang kalaban..

Tulad dati ay nagsalita ang announcer tungkol sa mga rules at kinausap rin kami ng referee..

Mabilis ring nagsimula ang game at medyo nahirapan kami..

"Hoy.. okay ka lang ba???" tanong sakin ni Naih nung mapansin nyang sunod sunod ang sabay ko..

"Oo naman.."

"Kanina ka pa pumapalya e.."

"Wala ata ako sa mood.." sagot ko.

"Kanina ka pa wala sa mood.. ano bang nangyari sayo!? Okay ka lang ba? May masakit ba sayo!?"

"Wala.."

"E bakit ka ganyan?"

"Ewan ko.."

Hindi na kami nagpansinan at pinanood na lang namin yung kalabang tumira..

Pero nakakailang tira na sya at hindi na kami nakatayo ni Naih!!!!

Ending..

TALO!

"Aaaaahhh.." parang nanghihinayang na sigawan ng crowd.

"Anong nangyari!?"

"Talo!"

"Bakit?!"

"Hindi ko alam.."

"Sayang naman.."

"Bakit nagkaganon!?"

"Anong nangyari sa kanila?!"

"Kung kailan naman nasa BIS na.."

"Huhuhuhu sayang naman.."

"All one naman e.. bawi na lang.."

"Nako.. pano pa kapag BIS na ang kalaban?!"

Hindi ko pinakinggan ang mga naririnig ko at naglakad ako pabalik sa Hall.

"Hoy Max.." dinig kong habol sakin ni Naih.

"Ano bang nangyayari sayo??"

"Tss.. hindi ko maintindihan.. Biglang pumangit ang pakiramdam ko.."

"Ha?!"

Totoo ang sinabi ko sa kanya..

Parang nagkusa ang katawan ko.. Biglang nawala sa mood at hindi ko maintindihan kung bakit.. Ultimong ako ay kinakabahan sa biglang pagbabago ng mood ko na hindi ko mawari kung anong pinagmulan..

"Baka nagselos ka kay Ate at Deib kanina?!"

"Ano?!"

"Baka kako nagselos ka kina Ate at Deib kanina!"

"Tss.. hindi.."

"Ows?!"

"Hindi nga.."

"E yun lang naman ang posibleng dahilan para magkanyan ka e!?"

Napatingin ako sa kanya at saka ko pinakiramdaman ang sarili ko..

Tss.. bakit naman ako magseselos?! E wala naman silang ginawang nakakaselos sa harap ko?! Engot 'to..

"Hindi nga ganon yun.."

"Hay nakoooo nakooo nakooo Maxpein.."

Bakit nga ba kasi nagkaganon!? Pati tuloy laro ko apektado!

"Taguro!"

Sabay kaming napalingon sa likuran ni Naih at nakita namin si Sensui'ng salubong ang kilay at papalapit samin!

"Anong nangyari sayo!?" tanong nya.

"Tss.. bakit ba ganyan kayo magsitanong?! Bawal ba akong matalo!?" inis na tanong ko.

"H-Hindi naman sa ganon pero kasi.. nandon ako e.. Nanood ako.."

"O-Oh e ano naman ngayon!?" tanong ko.

"Edi dapat inspired ka!"

"Asa!"

"Hahahahahahahahahah!!!" malakas na tawa ni Naih. **"Hanep sa confidence Sensui ah?! Hahahahaha! Easy lang brad.. baka plumakda ka hahahahaha.."**

"Tch! Isa ka pa e! Bakit hindi mo pinanalo!" sigaw ni Sensui kay Naih.

"A-Aba! Kung makapagsalita ka.. bakit?! Bawal ba kaming matalo ha?!"

"H-Hindi naman.. n-nakakahinayang lang kasi.."

"Psh! Wag kang mag-alala dahil hindi na mauulit yun.. di ba Max?!"

Hindi ko sila sinagot.

"Oh e ano pang ginagawa nyo dito?!" biglang tanong ni Sensui.

"At bakit?? Nag-uusap kami e!" si Naih.

"Baka may laro ako!?"

Napatingin kami sa kanya..

"May laro ba kayo!?" tanong ni Naih.

"Oo! Kaya nga sumunod ako dito dahil paniguradong nakalimutan nito!" turo nya sakin!

Nalimutan ko nga..

"Hahahahaha o sige sige manood kami! Tara Max!"

"H-Ha?!"

"Tara kako!"

"S-Sige sige.."

"Anong sige!? Tara!!!!!!!!" malakas na sigaw nya at hinila ako..

"Kyaaaaaaaaaaa!!!"

"Gooooo BIS!!"

"Goooo Gooo Gooo BIS!!!"

"BIS for the win!"

"Sure win na yan!"

"Home court e!"

"Goooo Deib!!"

"We looove youuuu Deib!"

"Gooooo Lee!!!"

"Waaaa galingan moooo Tooooobbb!!!!"

At ayun na naman ang maiingay na tilian ng mga babae't bakla at sigawan ng mga lalaki.. Naupo ako sa isa sa mga bench katabi nina Michiko, Migz at BJ habang kinakausap ni Coach sila Sensui..

At doon ko lang napansin..

"Luna rin pala ang kalaban nila?" bulong ko kay Naih.

"Ahh oo nga noh?!"

Mula sa kinauupuan ko ay natanaw ko si Kev Gonza at team mates nya na kasalukuyang nag-uusap-usap rin..

~PRRRRRRRRIIIITTTT!!!!~

Malakas na pito ng referee..

"Leeeeeeet's goooo BIS!!!" sigaw ng mga players namin.

"Taguro.."

Napatingala ako ng madinig ko ang malambing na boses na yun ni Sensyu..

Ayan na naman yang lintek na malambing na yan! Sinabi ng hindi malambing e!

"Oh?" tanong ko.

"Wag mong aalisin sakin yang paningin mo ah??" bulong nya.

"Yiiiieeee ang sweeeetttt!!!" tukso ni Michiko.

"Tss.. maglaro ka na lang.."

"Dahil lahat ng tira ko.. para sayo.. heheheheheheh.."

"Hoy.. matouch ka naman.. nilalambing ka ni Sensui oh.." bulong ni Naih.

"Sige na.. galingan mo.." salubong ang kilay na sabi ko at nginitian lang nya ako!

Maya maya lang ay nagsimula na sila..

Pero hindi pa man tumatagal ang laro ay mukhang nagkakainitan na!

Anong problema nito?!

Kapansin-pansin kung paanong binabalya ng binabalya ni Kev Gonza si Sensui!

"Hala.. foul na dapat yun si Gonza ah! Nakita mo yun?! Tulad na yung ginagawa nya kay Deib e!" sigaw ni Michiko pero hindi ko sya pinansin at patuloy ko na lang pinanood ang laro.

Mabilis na tumatakbo sina Lee at Deib kasunod ni Tob.. humahanap sila ng tamang timing para maipasa ni Tob ang bola kay Lee na ipapasa kay Sensui para mahulog! Pero nagawa ng ipasa ni Tob ang bola kay Lee ay hindi pa rin makakawala si Sensui sa bakod ni Kev Gonza! Mapapansin mo talagang hindi basta basta pambabakod ang ginagawa nya!

"Ano bang ginagawa nung referee! Hindi tumitingin sa paa!" si Migz!

"Ang daya! Hooooyyy ang dadaya nyo! Tignan nyo! Tinatapakan ni Gonza si Deib oh!" si BJ!

Napatingin ako sa paanan ni Sensui pero hindi ko nakita ang pagtapak ni Gonza na sinasabi nila kaya naman mas tumingin pa ako ng maige sa kanila! Sinubukang ipasa ni Lee ang bola pero naagaw agad ni Jermayne Orquiza na agad ipinasa kay Gonza and they scored!

"Kyaaaaaaa goooo LU!!!"

"Gooo Keeevvv!"

"We looove youuuu Keeeevvv!!"

Bakas ang inis sa mukha ni Sensui kaya naman mabilis syang tumakbo para bakuran si Gonza pero kapansin pansin na parehong salubong ang kilay nila at bahagyang nag-uusap pa! Maya maya ay kakaiba na ang dating ng balyahan nila at...

WTF??

Malakas syang tinulak ni Gonza!

Napatayo kaming dalawa ni Naih at napatingin sa kanila!

~PRRRRRRIIITTT!!!~

Malakas na pumito ang referee!

"Foul!" sigaw nung referee!

"Ano bang problema mo!" malakas na sigaw ni Sensui na tumayo para itulak rin si Gonza!

"Ikaw! Ikaw ang problema ko! Bakit ba ako nang ako ang binabantayan mo!" si Gonza!

"Ano?! Bobo ka ba?!"

"Sinong bobo?!" malakas na sigaw ni Gonza at sinapak si Sensui!

~PRRRRRRRRRIIITTT!!! PRIIIIITTTTTTTT!!!!~

"Araaaaaaaaaaaaaaayyyy!!!!"

Napaigtad ako nung marinig ko ang malakas na sigaw ni Sensui at mabilis akong naglakad para hawiin yung mga humarang sa kanila at kitang kita ko kung paanong tinapakan pa ni Gonza ang paa ni Sensui! Yung paa nyang namamaga kahapon lang!

WTF??

"Deib!" sigaw ni Tob at Lee saka tinulungan si Sensui na namimilipit sa sakit!

"Wag kang yayabang yabang sa harap ko Enrile dahil matindi pa dyan ang aabutin mo----"

"Woi.." sita ko kay Gonza dahilan para lingunin nya ako.

"Destiny.." nakangising usal nya matapos humarap sakin. At saka dahan dahang sumeryoso ang mukha nya at sumama ang tingin sakin dahilan para mas talasan ko ang tingin ko sa kanya. **"Gago ka.. pinaikot mo ko.. Moon ka rin pala?!"** biglang sigaw nya.

"Hindi ka kasi nagtatanong e.."

"Bakit hindi ka nagpakilala!?" galit na tanong nya. **"Para mapahiya ako?! Para magulat ako kung sino ka talaga! Ano?! Ganon ba?! Ha?!"** sabi nya na tinutulak tulak ako! **"Kilala mo ba ako ha?! Alam mo ba kung sino ako!?"**

"Magugulat ka ba kung sasabihin kong.. Oo?" sarkastikong tanong ko at nagitla sya. **"Oo.. kilala kita.. ng higit pa sa inaakala mo.."**

Natahimik sya at nanatiling masama ang tingin sakin.

"Who are you..??" nanginginig ang mga panga'ng tanong sakin ni Gonza.

"You'll die if I tell you..." seryosong sagot ko na nakatingin ng deretso sa mga mata nya.

Nanaig ang tensyon sa pagitan naming dalawa at halos hindi na namin marinig ang ingay na nagmumula sa paligid namin.. Parang umikot ang paligid at animong kaming dalawa lang tao sa ibabaw ng court na 'to.

OceanofPDF.com

CHAPTER 118 : INTERHIGH

DEIB'S POV

Daig ko pa ang KINURYENTE sa sobrang sakit ng pagkakatapak ni Gonza sa paa ko!

At talagang don pa mismo sa injured na paa ko!

Paksheeeeett! Wag mo'ng pangaraping Makatayo ako dito dahil hindi ko talaga alam kung anong magagawa ko sayo!

"Deib! Deib! Are you okay!?" dinig kong sigaw ni Lee na mabilis na nakalapit sakin!

Hindi ko sya nagawang sagotin dahil kasalukuyang panay ang ikot ko sa sahig habag yakap yakap ang hita ko at hawak hawak ang paa ko!

Masakit talaga at hindi ko alam kung anong gagawin ko!

"Deib!" dinig kong tawag ni Tob na paniguradong palapit na rin sakin!

"OMG! What did he do!"

"Siraulo ang Gonza na yan!"

"My God, is Deib okay?!"

"Puntahan natin sya!"

"My goodness ang Deib ko!"

"Ha?! Napano si Deib!? Napano!"

"Tinapakan ni Gonza ang paa nya!"

"Hala baket!!!!! Nababaliw na ba sya?!"

"Puntahan natin daliiii!!!"

Dinig na dinig ko ang ingay ng mga tao sa paligid pero hindi ko pinapansin!

"Bakit nya ginawa yun!?"

"Hindi ko alam.."

"Nakita mo ba kanina yung ginagawa ni Gonza?!"

"Alin don!?"

"Nako kanina ko pa napapansin na tinatapakan nya yung paa ni Deib!"

"Ang daya!"

"Tapos ginanyan nya pa!"

"OMG he's a monster!"

"A monster trash!"

"Dinadala dito ang ugaling squatter nya!"

"Wag kang yayabang yabang sa harap ko Enrile..." malakas na sigaw ni Gonza na dinig na dinig ko! **"...dahil matindi pa dyan ang aabutin mo----"**

"Woi.."

T-Taguro???

Hindi ko maintindihan kung bakit bigla akong kinabahan nung marinig ko ang boses na yun ni Taguro pero sadyang hindi sapat ang lakas ko para makatayo!

Kaninang naglalaro pa lang ay natatapakan na ni Gonza ang injured na paa ko at ngayon sa tingin ko ay sinasadya nyang gawin yun!

Gago ka.. kapag pati si Taguro dinamay mo yari ka talaga sakin!

Masakit talaga!

"Deib are you okay!?" si Lee.

"N-No.. A-Arrrggghhhh ha...ha... Aaaaahhh...!!!" namimilipit na sagot ko.

"Buhatin natin dre.. dali dalin natin sa bench---"

"W-Wait.." pigil ko sa kanila dahil inaalala ko si Taguro pero sadyang nagpapaikot-ikot pa rin ako! Gusto kong tignan si Taguro habang kausap si Gonza pero sadyang imposible yun para sakin ngayon dahil masyadong masakit ang paa ko!

"Destiny.." mahinang tawag ni Gonza sa kanya.

Parang awa mo na Taguro wag mo munang pairalin ang kayabangan mo ngayon.. hindi kita matutulungan!!!!

Sabagay.. kailan ko nga ba sya natulungan?! Aisssh! Bakit ba parating may ganito!

"Gago ka.. pinaikot mo ko.. Moon ka rin pala?!" biglang sigaw ni Gonza!

Ano bang sinasabi nya?!

"Hindi ka kasi nagtatanong e.." tunog sarkastikong sagot ni Taguro.

"Bakit hindi ka nagpakilala!? Para mapahiya ako?! Para magulat ako kung sino ka talaga! Ano?! Ganon ba?! Ha? Kilala mo ba ako ha?! Alam mo ba kung sino ako!?"

Anong nangyari!? Bakit parang nagagalit sya kay Taguro!?

Napuno nang pagtataka at kaba ang buong katawan ko!

Hindi ko maintindihan kung bakit nagkaganon bigla ang pakikitungo ni Gonza kay Taguro na dati halos isumpa ko na sa dami ng kabaduyang ginagawa nya kay Taguro! Bakit ngayon ay nagkakaganyan sya?!

"Magugulat ka ba kung sasabihin kong.. Oo? Oo.. kilala kita.. ng higit pa sa inaakala mo.." sagot ni Taguro sa sarkastikong paraan.

Anong ibig mong sabihin Taguro?!

Nag-uumpisa na naman akong malito! Parang bumagal ang oras at natuon kila Taguro at Gonza ang gising na diwa ko! Munit ang katawan ko ay napako sa masakit na masakit na paa ko!

"Deib dadalin ka namin sa Clinic!" sigaw ni Tob!

"H-Hindi.." sagot ko.

"Anong hindi!?" si Tob.

"S-Si Taguro---"

"Ano ka ba Deib! Tignan mo nga itsura mo!" sigaw nya at ramdam kong tinanggal nya ang sapatos ko! **"Pakshet nangingitim ang paa mo!"**

Dahil sa kaba'ng idinulot sakin nung sinabi ni Tob ay parang awtomatikong nagkaron ng lakas ang katawan ko para magawa kong tignan sa isang iglap ang paa ko!

Yari ka talaga saking bansot ka!!!!!!!

Nangingitim at namamaga ang buto sa tagiliran ng paa ko at daig ko pa ang buntis na minamanas ang paa!

"OMG!"

"What happened to Deib!?"

"Goooosssshhh look at his foot!"

"Hala! Bakit nangingitim!"

"OMG! OMG! OMG! Take him to the hospital please!!!!"

"This is crazy! That monster is crazy! Look what he did to him!"

"Geeze!"

Dinig na dinig ko ang ingay ng crowd! Paniguradong ang lahat ng mga mata nila ay nasa akin!

Pano nangyari yun!? Ayos na 'to ah?! Tinapakan nya lang talaga! Pakinengsheeeeet! Wag na wag lang talaga akong makakatayo dito'ng bansot ka! Gagawin kitang laruan ni Tagsen!

"Tob.. hawakan mo sa kabila.. ako sa kabila.." si Lee.

"Sige! Sige!"

"One.. Two.. Three!" sina Lee at Tob habang itinatayo ako.

"Who are you..??" biglang dinig kong sabi ni Gonza. Kaya naman mas nagkaron ako ng lakas na tumayo.

Hinawakan nila ako sa magkabilang kamay and this time pilit kong iminulat ang mga mata ko at nagtama ang paningin namin ni Taguro..

"You'll die if I tell you..." si Taguro.

Muli kong tinignan si Taguro pero hindi na sya sakin nakatingin!

Anong ibig nyang sabihin!?

Kinabahan ako..

Hindi ko maintindihan kung bakit pero kusa akong kinabahan talaga..

You'll die if I tell you...

You'll die if I tell you...

Muling nagpaulit-ulit yun sa tenga ko at yung mismong tono ng pananalita ni Taguro ang nakapagpakaba sakin!

Yung dating at tono ng pananalita nya ay hindi pamilyar sakin! Nakita ko na syang magalit, tumawa, umiyak, magyabang at kung anu-ano pa pero ang isang 'to ay hindi ko kilala.. Hindi pamilyar! Natatandaan ko pang minsan na syang nanakot ng mga gangsters sa harap ko at tandang tanda ko ang lahat ng mga sinabi nya nung mga oras na yun pero alinman sa mga sinabi nya ay hindi kapareho ng tono at dating ng sinabi nya ngayon..

"Ha.." natatawang singhal ni Gonza at saka itinuro ang sarili nya! **"A-Ako?! Anong sinabi mo?! Sa tingin mo ba masisindak ako sa mga sinasabi mo?! Hahahahahahah!"** malakas na tawa nya at saka sumeryoso at sumama ng tingin kay Taguro! **"Kung ganon sige.. magpakilalanan tayo.. Sabihin mo sakin isa-isa ang lahat ng nalalaman mo sakin at sasabihin ko sayo lahat ng nalalaman ko tungkol sayo.."** hamon pa ni Gonza.

"Sa tingin mo ba ay ganon ka kaimportante para pag-aksayahan ko ng ilang mga minuto?" mayabang ring tanong ni Taguro sa kanya.

"Hahahahahahaha! Oh.. bakit parang umaatras ka na??" naaawa kunwaring tanong ni Gonza.

"Sabihin na lang nating.. pinagpapasensyahan kita.." sabi ni Taguro at tinalikuran sya..

Ano bang pinagsasasabi nila?! Bakit may ganyan?! Bakit may ganito!? Tsk!

"A-Araaaay!!!" malakas na sigaw ko nung aksidenteng mailapat ko ang paa ko!

"B-Buhatin nyo!" sigaw ni Coach na hindi ko namalayang nasa likuran ko!

"T-Teka.." pakiusap ko kay Lee na tinitigan sya sa mga mata.

"Pero Deib.. yung paa mo.."

"Sandali lang.." pakiusap ko pa at saka ako tumingin kina Gonza at Taguro. Liningon ako ni Gonza!

"Anak ng.. nakatayo ka pa?!" mayabang na tanong ni Gonza! Mabilis namang nag-init ang ulo ko!

"Oo at wag mo nang hilinging makalakad pa dahil hindi ko alam kung anong gagawin ko sayo.." seryosong sagot ko sa kanya. **"B-Baka nakakalimutan mong nandito ka sa teritoryo ko?!"** pilit iniinda ang sakit na tanong ko.

Ayokong makita ni Taguro ang tunay na sakit na nararamdaman ko..

Ayokong mag-alala sya..

"Edi hihintayin kitang gumaling?" mayabang na tanong ni Gonza at tiningnan ko na naman sya. **"Siguro naman.. magaling ka na kapag nandon na tayo sa.. teritoryo ko?"**

Anong ibig nyang sabihin?!

Next week?! Tch! Sinong tinakot mo?!

"Pareho kayong mayabang.. magsama kayo!" sigaw samin ni Gonza na pareho kaming tinignan ni Taguro!

Magsasalita na sana ako pero naagaw ni Taguro ang atensyon ko!

Naglakad sya papalapit sakin at naupo sa harap ko!

Anong ginagawa nya?!

Mas nagulat ako nung kunin nya ang paa ko at tignan yun..

"Tsk.." dinig kong singhal nya at saka sya tumayo at tinignan ako sa mata!

Salubong ang mga kilay nya at nagbuntong-hininga pa!

"T-Taguro.." naiusal ko.

"Tara.. Dadalin kita sa Ospital.." mahinang sabi nya at kinuha kay Lee ang isang kamay ko at...

INIAKBAY NYA ANG KAMAY KO SA BALIKAT NYA..

Badtrip naman oh hahahahahahahahaha!!!!!!

Hindi ko talaga naiwasang kiligin dahil sa ginawa nya at sinabi nya!

Sya pa talaga magdadala sakin sa ospital oh?! Tsk tsk tsk.. Taguro.. Taguro.. Taguro..

"Kunin mo yung kotse.. dali.." utos ni Taguro kay Lee.

"S-Sige.." sagot ni Lee at mabilis na tumakbo papalayo.

Pinigil ko ang ngiting nagkukumawala sa mukha ko pero hindi ko kaya! Kaya naman napatungo pa ako at nung makita nya..

Nagmadali akong nagpanggap na sakit na sakit na sakit na sakit talaga!

"A-Ahh.." usal ko pa kunwari.

"Tss.. ano ba kasing ginawa mo?!" inis na sigaw sakin ni Taguro!

Napatingin ako sa kanya!

"A-Anong anong ginawa ko?"

"Bakit ka nya ginanon?!"

Bakit nga ba?!

~FLASHBACK~

Mabilis na nag-umpisa ang laban..

Ayos naman sana nung umpisa pero napapansin ko ang pagiging balisa ni Gonza..

Nagkataon namang nasa akin ang bola at mabilis syang tumakbo papalapit sakin at umastang aagawin sakin ang bola!

Munit mabilis akong umtras papalayo sa kanya at...

Fade away!!

"Kyaaaaaaaaa!!!!"

"Waaaaaaaaaaa!"

"Yaaaaaaaaaa!"

"I loooovveeee youuuu Deib!!"

"Goooo Deib!!!"

Thank youuu! Thank youuuu! Taguro... nasan ka na?!

Nagpalinga linga ako pero si Gonza ang nakita ko..

"Tsh.. ngiting panalo ah?!" pang-aasar ni Gonza.

"Ganon talaga.. mukhang mananalo kami e hehehehehe.."

"Papayag ba ako?"

"Magpapatalo ba naman ako sayo?" mayabang ring tanong ko.

"We'll see.." mayabang na bulong nya at saka sinalo ang bola!

HULOG!

"Kyaaaaaaaaa!!"

"Yaaaaaaaaa!!"

"We looovvveee youuu Gonza!!"

"Ang gwapo mo Keeeeeev!"

"Let's goooo Luna!!!"

Nginisian nya lang ako at saka muling humarang sakin para bantayan ako!

Maya maya pa..

"Deib!" sigaw ni Tob kaya naman mabilis akong umikot at sinalo ang bola na mabilis ko ring pinasa kay Lee!

Nung makita kong papalapit na si Gonza ay mabilis akong tumakbo sa ilalim ng ring at sinenyasan si Lee!

Mabilis nyang binato sakin ang bola at..

"Hup!" usal ko pa pagtalon!

HULOG!!!

"Kyaaaaaaaaa!!!"

"Yiiiiiii ang galing ni Deib!"

"Ang gwapo pa!"

"Goooo BIS!!!"

Thank youuuu! Thank youuuu!

Sinulyapan ko pa si Taguro pagkakita ko..

Hindi sya sakin nakatingin!

Buset na 'to! Sinabi ng ako ang panoorin e!

Salubong na salubong ang kilay nya at hindi ko mawari kung san nakatingin kaya naman mabilis kong hinanap kung san sya nakatingin!

K-Kay G-Gonza!?

Biglang umakyat ang inis sa ulo ko at mabilis akong nagtatakbo para harangan si Gonza!

Kamalas malasang masyadong maganda ang pagkakabantay ko sa kanya dahilan para hindi sya makakita ng paraan para malusutan ako't makatira! Kaya naman isang maling galaw nya..

"Wop!" usal ko!

NAAGAW KO ANG BOLA!

"Tang*na!" dinig ko pang sigaw nya at saka mabilis na tumakbo papalapit sakin!

Pero mabilis rin akong nakatakbo at tumira!

HULOG!!!!

"Kyaaaaaaaaa!!"

"Waaaaaaaaaa!"

"Deib why you're sooo galing!"

"OMG!!!!!

"Goooo BIS!!!"

Mabilis akong tumakbo pabalik pero nandon na si Gonza at nakapamewang at parang hinihintay ako.

"Nice shot.." sarkastikong sabi nya nung huminto ako sa harap nya.

"That's what you call.. Jump Shot.." sarkastiko ring sabi ko at muling nagtuloy sa paglalaro..

At don na nagsimula ang alaskahan namin..

ALASKAHAN Number One:

Mabilis na sinalo ni Gonza mula kay Jermayne ang bola at sinubukan ihulog yun pero..

Natapik ko ang bola at nakuha ni Chris na mabilis na pinasa kay Tob! Kaya naman nagtatakbo ako papunta kay Tob kaya pagkapasa nya..

HULOG!!!

"Kyaaaaaaaaa!"

"Goooooo Deib!"

"Goooo BIS!!!"

"Tsk!" singhal ni Gonza.

"That's what you call, Bank shot.." mayabang na bulong ko sa kanya at saka nagtatakbo papalapit sa ring nila.

ALASKAHAN Number Two:

Hawak ko ang bola at hindi ko pa man naipapasa kay Lee..

Demmit!

Naagaw ni Jermayne Orquiza ang bola at mabilis na nagtatakbo pabalik sa court nila kaya naman iiling iling akong napaatras at tumakbo kasunod nila!

Ang bilis talaga nitong buset na 'to!

Pero huli na ang lahat!

HULOG!!!!

"Waaaaaaaaaa!! Gooooo Gonzaa!!!"

"We looovveee youuu Kev!"

"Ang hoooot mo Orquiza!!!"

Naihulog ni Gonza ang bola at ang masama pa non.. lumapit sya sakin at bumulong..

"Yun ba ang Jump shot?? Sisiw.." mayabang na sabi nya at saka nilampasan ako..

Bwiset!

Tumingin ako sa score board at lamang pa rin kami ng tatlo.

ALAKASHAN Number Three:

Mabilis akong tumakbo sa likuran ni Orquiza at mukhang tanga naman si Gonza'ng humabol sakin pero bago sya makaabot ay mabilis ng naipasa sakin ni Lee ang bola saka ako pumorma at....

"Hup!" singhal ko pagkatira!

"Kyaaaaaaaaaaa!!!"

"Waaaaaaaaaa!"

"Ang gwapo nya sa tira'ng yuuuuunnn!!!"

"I looooveeee youuu na talaga Deib!!!"

Kumaway ako sa mga tao at saka ngumiti!

"Kyaaaaaaaaaa he smiled at me!!"

"Sakin yun!"

"Saken!"

"Sakin sabi e!"

"Sating lahat! Punyeta!!!"

"Nice move.. anong tawag don!?" mayabang na tanong sakin ni Gonza habang kasalubong ko sya.

"That's what you call.. Fade away.. Michael Jordan.." mayabang na sagot ko.

"Hahahahahaha sisiw.." mayabang na bulong nya.

"Subukan mo.. tignan natin kung magagawa mo.." mayabang na hamon ko.

"E kahit lahat ng tira ko e kayang kaya kong gawin yun.." sabi nya na yumuko pa habang naghihintay maipasa sa kanya ang bola!

"Malabo yan.."

"Hahahaha bakit naman!?"

Hindi ko na nagawang sagotin ang tanong nya dahil nakita ko na binato ni Lee ang bola kaya naman mabilis ko yung sinalo at tinira!

HULOG!!!

Fade away!

"Three points!"

"Kyaaaaaa!!!"

"I loooveee youuu Deib!"

"Gooo BIS!!!"

This time ay hawak ni Gonza ang bola ay ako ang nasa harap nya..

Nakangisi kami sa isa't isa at sa isang maling hakbang nya ay naagaw ni Lee ang bola!

"Badtrip!" dinig kong sigaw pa ni Orquiza!

ALASKAHAN Number Four:

"Tch.." nakangising singhal ko kay Gonza at saka mabilis na tumakas sa pagkakabantay nya!

Nasa likod ko si Gonza at pilit inihaharang kamay nya sa kamay ko!

"Hayaan mong ipakita ko sayo ang tunay na Fade Away ni Jordan, Enrile.." bulong ni Gonza.

"Sige lang.." mayabang ring bulong ko.

Sinubukang ipasa ni Lee ang bola pero mabilis 'tong naagaw ni Orquiza at pinasa kay Gonza!

"Fade Away!" dinig ko pang sabi nya bago ihulog ang bola!

Badtrip!

Ngingisi ngisi syang sinalubong ako matapos nun!

"Michael Jordan pala ah?!" mayabang at nakangising sabi nya nung makalapit sakin.

"Tch.." singhal ko at saka sarkastikong tumingin sa kanya. **"Mas maganda pa rin talaga ang Fade away ko kahit pa may bali 'tong kaliwa ko hahahaha.."** mayabang na sabi ko at saka tumaliko sa kanya at siinalo ang bola mula kay Tob pero..

Naagaw nya na naman ang bola!

Badtrip!

"Inuuna kasi ang yabang e.." bulong nya at saka tumakbo papalayo sakin habang nagdridribol ng bola!

Kasunod nya ay mabilis akong tumakbo pero napahinto ako nung huminto sya at tumira!

HULOG!

Pero..

"Hahahahahaha!" natawa ako dahil bahagya syang ***NADULAS***! **"Fade away pala ah?! Bakit hindi mo rin subukang bumili ng ganitong sapatos para successful ang Fade Away mo... Gonza.."** mayabang na sabi ko na ipinakita pa sa kanya ang sapatos ko at tinalikuran sya nang biglang...

~BLAAAAAAAGGGG!!!~

TINULAK ako ni Gonza!

"Ano bang problema mo!" sigaw ko!

"Ikaw! Ikaw ang problema ko! Bakit ba ako nang ako ang binabantayan mo!" sigaw rin sakin ni Gonza!

WTF??? Ano bang sinasabi nya?!

"Ano?! Bobo ka ba?!" nis na tanong ko at saka tumayo!

"Sinong bobo!?"

~PAAAAAAAAAAAKK!!!!~

SINAPAK NYA AKO!!!!

"Gago ka ah!" mahinang sabi ko na tatayo na sana pero..

Mabilis syang lumapit sakin!!!

~PRRRRIIIITTT!!! PRRRIIITTTTT!!!!!!!!~

"Araaaaaayy!!!!!" malakas na sigaw ko nung biglang tapakan nya ang paa ko!

~END OF FLASHBACK!~

Hindi ako nakasagot sa tanong ni Taguro!

"Hindi ka gaganunin nun kung wala kang ginawa, Sensui.." madiin pang dagdag ni Taguro!

"Mamaya na nating pag-usapan yan.. kailangan ng madala si Deib sa ospital, nangingitim ang paa nya.." si Tob. At pasiring namang inalis ni Taguro ang paningin nya sakin!

Iika ika akong iniupo nila sa bench!

"Enrile!" si Coach. **"Bakit ganyan ang paa mo?! Imposibleng mangitim yan ng ganyan sa ganong ginawa ni Gonza!"**

"Nung isang araw pang ganyan ang paa nyan, Coach.. Pero ngayon lang nangitim.." si Taguro.

"What!?"

"Self-accident.. nung Friday pa.."

"What?!" gulat pa ring tanong ni Coach at lahat naman sila ay takang tumingin sakin!

"G-Galing pa kasi kaming Palawan.. nabigyan naman po ako ng first aid kaya akala ko ay o-okay na.." namimilipit na naman sa sakit na sagot ko.

"E bakit nga nagkaganyan?!!!" sigaw ni Coach.

"N-Naaksidente nga po ako nung Friday.. Natisod ako at nasprain ang paa ko pero hindi naman ganon kasakit kaya hindi ko pinansin.."

"Tsk! Pano ka makakapaglaro nyan! Ano ba naman Enrile!!!!"

~BEEP BEEP!!!~

Narinig namin ang busina ng kotse ni Lee kaya naman hindi ko pa nasasagot si Coach ay inalalayan nya na ako at sila na ni Tob ang nagdala sakin sa kotse ni Lee!

"Mag-uusap tayo mamaya!" sigaw pa ni Coach at saka malakas na isinara ang pinto ng kotse ni Lee na mabilis naman nitong pinaandar.

Sa loob ng kotse ay katabi ko si Taguro at masama pa rin ang tingin sakin!

"K-Kung hindi nya naman 'to t-tinapakan h-hindi sana magkakaganito e.." nakangusong sabi ko kay Taguro pero hindi sya sumagot at pasiring na inalis ang paningin nya sakin!

"Ano ba kasing nangyari sayo nung Friday!?" inis na tanong sakin ni Tob na nasa passenger's seat!

"Natisod nga ako sa sarili kong katangahan!" inis na sagot ko!

"Oh e bakit nagkaganyan!? Bakit nangitim ng ganyan!" nag-aalalang tanong na pa!

"E-Eh h-hindi ko kasi naipahinga ng ayos dahil nagpunta akong P-Palawan.."

"Pero okay ka pa nung umalis ka nung Friday, Deib.." si Lee.

"N-Nung pagkaalis ko nangyari.. sa gate mismo nung SIS.."

"What?!"

"Yes.."

"Tsk! Engot.."

"H-Hindi ko naman alam na aabot sa ganito.. Pesteng bansot na yun.." bulong ko pa.

Pero hindi na namin nagawang mag-usap pa dahil nasa harap na kami ng E.R.

Mabilis na bumaba si Tob at binuksan ang pinto sa kanan ko at inalalayan agad ako!

"Dahan dahan lang.." sabi pa ni Tob sakin. Nung maibaba ko ang kalahating katawan ko ay nasa likuran ko na si Taguro na mabilis na umalalay sa kabilang side ko.

"S-Salamat Taguro.." malambing na bulong ko sa kanya.

"Tss.. mamaya basag sakin yang panga mo.." bulong nya.

Ang brutal talaga nitong babae'ng 'to sakin! Hindi man lang magworry! Hehehehehehehehehehe.. sabagay.. hindi pa ba naman pagwoworry'ng matatawag 'to?! Hehehehehehe!

"What happened to the patient?!" tanong ng Doktora na sumalubong sakin.

"Doc Shiela.." si Taguro. **"Pasyente sya ni Doc Maxwell.. nakaduty ba sya?"**

"I'm sorry but he's not.. kauuwi nya lang kanina.. pero babalik rin sya mamaya.."

"Ganon ba? Mmm.."

"What happened to the patient?"

"Sprained ankle.."

"Let me see.." sabi nung Doktora at mabilis na lumapit sakin. **"Kailangan nya ng Ortho.."**

"Ano po'ng Ortho?" tanong ni Tob.

"Orthopedic doctor.. Espesyalista sa mga buto.." sagot nung Doc Shiela kung tawagin ni Taguro.

"A-Ahh.. may ganon ba kayo dito?" tanong ni Lee.

"Ipapatawag ko.." sabi pa nung Doktora at saka mabilis na lumapit sa mga nurse. **"Assist nyo muna ang patiest sa bed 10. Pupuntahan ko si Doc Timbol."**

"Yes Doktora.." sagot nung mga nurse at saka mabilis na lumapit sakin.

"Compress and elevate.."

"Yes Doc.." sagot pa nila at saka lumapit sakin. **"Sir.. Ako po si Nurse Norlanie, ako po ang magiging nurse nyo ngayon.. wag po muna nating igalaw ang paa nyo.."**

"S-Sige.." sagot ko.

Nilagyan nya ng ilang unan ang ilalim ng paa kong yun at saka kumuha ng bandage sa bulsa nya at ibinalot sa paa ko..

Tiniis ko ang sakit na nararamdaman ko sa twing iikot nya yun..

"Yan ang sinasabi ni Maxwell.. tiisin mo ang sakit.." si Taguro.

"B-Bakit ba nananakot ka pa!" inis na sigaw ko sa kanya! **"A-Araaaay!!!!"** sigaw ko dun sa nurse!

"Sorry Sir.."

"D-Dahan dahan please.." pakiusap ko pa.

Maya maya lang..

"I'm Doc Timbol.. may I see the Patient?" tanong ng isang may edad ng Doktor na mabilis na lumapit sakin at tinignan ang paa ko. **"Ipa-X-Ray natin ito.."** seryosong sabi nya sa akin at saka muling tumingin sa paa ko. **"Gaano na ito katagal??"**

"3 d-days.."

"Tsk tsk.. X-Ray muna.. para makita nating kung may walang baling buto.."

"S-Sige po.."

"Nurse.. dalin nyo sya sa X-Ray room.." utos nito sa lalaking nurse na mabilis na sumunod at iniupo ako sa wheel chair.

LEE'S POV

Dinala si Deib sa X-Ray Room at naiwan namin kaming tatlo sa E.R.

"Ano bang nangyari?! Bakit biglang nagkainitan yung dalawang yun!?" inis na tanong ni Tob na napapakamot pa sa ulo.

"Ewan ko ba.. kanina ko pa napapansin na panay ang bulungan nila ni Gonza.. hindi ko naman pinapansin kaya hindi ko inaasahang aabot sa ganyan.." sagot ko.

"Tsk! Ssshhhkkk.. Mukhang pikon na pikon si Gonza kay Deib e! Siraulo kasi e.."

Hindi ko na sinagot si Tob at lumingon ako kay Max..

Bakas sa mukha nya ang pag-aalala..

"Are you okay Max?" tanong ko kay Max.

Pero hindi nya ako agad sinagot.. Nagbuntong-hininga sya at saka muling tumingin sa dinaanan ni Deib kanina..

"Paniguradong may sinabi sya kay Gonza na hindi nun nagustuhan kaya ginanon sya.." mahinang sagot ni Max.

"Nakooo! Malamang yun!" si Tob.

"Kilala natin si Deib.. masyado syang loko.. Pero hindi naman yata tama na ganonin nya yung paa ni Deib.." sagot ko.

"Nakakapagtaka lang.. pano nya nalaman kung aling paa ni Sensui ang may tama..???" mahina pero dinig ko pa ring patanong na usal ni Max.

Napaisip ako sa sinabi nya..

"A-Anong ibig mong sabihin?" tanong ko.

"Ni isa sa inyo ay walang nakapansing may injury si Deib, tama?" tanong nya pa at tumango naman kami ni Tob. **"Sa lahat ng tao'ng nandon ay kaming dalawa lang ni Naih ang nakakaalam na may injury sya sa paa.. imposible namang nagkataon lang napagtripan syang tapakan ni Gonza sa mismong injury nya at talagang diniinan nya pa.. Tss.."**

Oo nga ano!?

"Pano nya nga kayang nalaman yun?" tanong ko.

"Hindi ko alam.. maaaring sinabi ni Sensui pero.. bakit nya naman sinabi pa yun?! Tss.. engot talaga.." pabulong pang usal ni Max at nagkatinginan naman kami ni Tob.

"Hindi naman sila magkaaway ni Gonza e.. imposibleng nagkainitan lang sila sa court kanina?" si Tob.

"Parang hindi maganda ang mood ni Gonza kanina pa e.. Tsh.. kung balyahin nga ako e.." sagot ko pa.

"Oh?!"

"Mmm.."

"Tsk tsk.. Ssshhhkkk.. madaya.."

"Wala na tayong magagawa.. nandito na 'to.. Sana lang maging okay si Deib.." dagdag ko at hindi na sila sumagot.

Maya maya lang..

Natanaw ko na si Deib kasama yung nurse nya na may dalang X-Ray Film/Filter. Mabilis na iniabot nung nurse sa doktor yun at saka inihatid si Deib papalapit samin.. Mabilis naman tumayo yung doktor at lumapit rin samin.

"Kapatid pala sya ni Doktora Dein Leigh Enrile??" nakangiting tanong nung may edad na doktor samin.

"Opo.."

"Mmm.. sige.. Hihintayin nating dumating ang Ate mo ha??" tanong nya pa kay Deib.

"Bakit po?! H-Hindi po ba pwedeng g-gamutin nyo na ako ngayon??" si Deib.

"Kailangan naming makausap ang relatives mo.."

Kinabahan ako at nagkatinginan kami ni Tob!

Malala ba sya?!

"Please take care of him.. Elevate the foot.." utos nya pa sa nurse at saka bumalik sa station nila.

"Badtrip!" inis na sigaw ni Deib! **"Siraulo yung Gonza na yon! Siraulo!"**

"Ano ba kasing ginawa mo!?" inis na tanong ni Max pero hindi sumagot si Deib sa kanya at salubong ang kilay na iniiwas ang paningin sa kanya.

May ginawa 'tong lokong 'to.. Tsk tsk..

"Nagtext si Dein, Deib.. parating na daw sya.." si Tob. Pero hindi rin sya sinagot ni Deib.

"Nasan si Enrile?!"

Sabay sabay kaming napalingon sa pinanggalingan ng pamilyar na boses na yun at..

Si Parrot..

"Oh! Deib ano?! Okay ka lang ba?! Asan ang masakit?! Asan!?" si Naih.

Tsh.. OA..

"O-Okay nako.. h-hindi na masyadong masakit pero masakit pa rin kapag ginalaw.." sagot ni Deib sa kanya.

"Gago'ng Gonza yun?! Sya pa yung galit na galet?! Alam mo bang nagwala pa don kanina?!"

"Bakit?!" sabay sabay naming tanong!

"Wala daw pwedeng lumapit sa kanya! Hindi nga maintindihan nung mga kasamahan nya kung bakit biglang nagkaganon yun! Pinauuwi na muna nila e, ewan ko lang kung nakauwi na!"

"Ha?! E pano na yung laban?!" tanong ko.

"Psh! Uunahin mo pa ba naman ang laro e tignan mo nga ang nangyari dito sa kaibigan mo?!" malakas na sigaw nya sakin! **"Bukas yata ipagpapatuloy ang laro! Susunod daw dito si Coach at pinag-uusapan pa nila kung anong mangyayari.. yung basketball lang ang mahihinto.. tuloy yung laban sa ibang sports.."**

"Tsk.. ano ba kasing nangyari?! Bakit nagkaganito!" inis na tanong ko!

"Ewan ko! Hindi ko alam! Bakit sakin ka nagagalet! Ako ba me gawa nyan!"

Gulat akong napatingin kay Zarnaih dahil sa malakas na sigaw nyang yon!

"H-Hindi naman ikaw ang k-kausap ko e.." napapahiyang sagot ko.

"Ewan ko sayo Gozon! Magsama kayo ni Gonza! Pareho kayong may sintu-sinto! Pareho kayong letter G!"

"A-Anong letter G?!" takang tanong ko.

"Gozon.. Gonza.. Gago.."

"W-What?!" inis na tanong ko.

"Hehehehe.. joke lang.."

"You're a bigmouthed loquacious damsel.." nanggigigil na bulong ko.

"What?! Stoppp meeee!" sigaw nya!

"E-Excuse me??" biglang singit nung nurse.

Sabay sabay kaming napalingon sa kanya.

"K-Kung pwede po.. s-sa labas na lang daw po maghintay yung iba.. isa na lang daw po ang maiiwan dito sa loob.." sabi pa nung nurse.

"S-Sige po.. Pasensya na.." si Tob na tumango pa bago umalis yung nurse. "**Psh! Ssshhkk ang ingay ingay nyo kasing dalawa e!"** malakas na bulong nya pa na itinuro kami ni Naih!

"Tsh.. ang ingay mo kasi e.." paninisi ko kay Naih.

"Me?! Why me!? E ikaw 'tong nauna!"

"Manahimik ka na.." inis na bulong ko sa kanya.

"Tara na nga! Lumabas ba tayo!"

"Wag kang maingay!"

"Hindi ako marunong bumulong!" sigaw pa rin nya!

Kaya naman mabilis ko syang hinila palabas!

"A-Ano ba bitiwan mo nga ako!" sigaw nya sakin sa labas ng E.R.!

"Ayan.. dyan ka magsisigaw! Tsh! Nakita mo ng nasa ospital ka.. wala ka bang manners and etiquette?!"

"Psh! Ikaw lang ang kaharap ko.. kelangan mo pa ng etiquette?! Masyado ka ba'ng mayaman?!"

"W-What!?" nagtatakang tanong ko!

"Ewan ko sayo wag mo kong kausapeeeen!!!!"

"N-Naririndi ako sa bibig mo!"

"Edi wag kang makinig!"

"Bakit ba ang ingay mo!"

"Kasi napakapakialamero mo!"

"What are you doing!?!"

Sabay kaming napalingon ni Naih sa tigiliran namin..

SI KIM!

"K-Kim.." naiusal ko.

"Why are you yelling at each other?!" nagtatakang tanong nya.

"A-Ahh.."

"Psh.. why are you together anyway!?" dagdag tanong nya pa.

"Edi sumali ka!" sigaw ni Parrot sa kanya! **"Togetogeder e nandyan ka na.. epal na 'to.."** bulong pa ni Naih.

Tinignan ko ng masama si Naih para manahimik pero inambaan nya lang ako kaya naman di ko na sya pinansin at tumingin na lang ako kay Kim.

"W-What are you doing here?" tanong ko.

"I heard what happened to Deib, of course pupunta ako! Duh?! Where is he!?" inis na tanong nya.

"H-He's inside.. Bed 10.." mahinang sagot ko pasiring nyang inalis ang paningin ko at masamang tumingin kay Naih simula ulo hanggang paa!

"Ear-piercing biiiitccchh.." bulong ni Kim at saka umastang maglalakad papasok pero mabilis na hinili ni Naih ang tenga nya! **"A-Araaaaayy!!"**

"H-Heey! Hey! Stop that!" suway ko kay Naih pero hindi nya ako pinansin!

"Anong sabe mo babaeng makate pa sa bune?! A-Ano ko!? Ingles e.. hindi tinatanggap ng tenga ko!"

"Get off mee!!!! O-Ouccccccch!!!! A-Aaraaaayyy!!!"

"Kung si Taguro e madadaan mo sa pabuga buga mo ng mababahong salita.. ako hinde.. naiintindihan mo?!!" malakas na sigaw ni Naih sa kanya at mabilis ko naman syang hinila!

"Ano ka ba?!"

"You bitc---"

"Enough!" sigaw ko kay Kim dahilan para hindi nya masugod si Naih! **"Go in!"**

"May oras ka rin sakin!" sigaw ni Kim kay Naih na dinuro pa sya sa mukha!

"Psh.. oo at ngayon ay oras mo na! Wag na wag kang tatabi sa oxygen dahil talagang pasasabugin kita!" sigaw ni Naih at iritang iritang naglabas ng gigil si Kim sa harap nya at saka hahangos hangos na pumasok sa loob!

"Ano ka ba?!" inis na tanong ko kay Naih!

"Ano?! Ako pa ren!? Lahat ng mali sakin pa ren?! Magpinsan nga kayo! Pareho kayong siraulo!"

"Hindi ka ba makakapagsalita ng hindi sisigaw?!" inis na tanong ko at natigilan sya! **"Yang ugali mo wala sa lugar.. kung kailan dapat nag-uusap ng maayos, nanggugulo ka! Lagi ka na lang wala sa ayos kung sumagot! Kababae mong tao ang ingay ingay mo!!"** dagdag ko at hindi sya nakasagot! **"Hindi man ganon kalala yung sitwasyon ni Deib, sana nananahimik ka na lang rin para umayos ayos yung paligid.. masyadong kang maingay!"**

Hindi nya ako sinagot!

Tinalikuran ko sya at inis akong tumingin sa malayo..

Hindi pa rin sya nagsasalita kaya naman nilingon ko sya!

Nakanguso sya at masama ang mukha nya!

"W-What??" inis na tanong ko!

"Mas masagwa ka naman dahil kalalaki mokng tao naninigaw ka ng babae!" sigaw nya na naman!

"W-What!?"

"What your face! Tabe!" sigaw nya at saka iniwan ako!

"H-Hey! W-Where are you going!"

"Wala kang pakelam!"

Inis akong pinanood na lang sya palayo at hindi ko na sya sinundan!

Tsh.. isa pang wirdo.. Grabe.. Tsk tsk..

Napabuntong-hininga ako at naupo na lang sa bench na nasa harap ng E.R.

TOB'S POV

Naiwan kami ni Max dito sa loob ng E.R. habang nagbabantay kay Deib.

"Ano? May masakit pa ba sayo dre?!" nag-aalalang tanong ko sa kanya. Ngumiwi sya saka umayos ng pagkakahiga bago sumagot.

"Ayos na.. masakit na lang kapag iginalaw.."

"Pano nya ba nalaman na may injury ka!? Bakit nya tinapakan yang paa mo?" inis na tanong ko at nagitla sya.

"S-Sinabi ko.."

"What!?" gulat na tanong ko at nginusuan nya naman agad ako!

Engot talaga!

"Sinabi mo sa kanyang may bali ka?" si Max.

"O-Oo.. P-Pero---"

"Engot ka ba?!" inis na tanong ni Taguro!

Natahimik si Deib!

"Tss.."

"E-Eh h-hindi ko naman kasi a-alam na ganito ang gagawin nya.." nakangusong sagot pa rin ni Deib at inis namang tumingin si Max sa kanya!

"Baka kasi kung anu-anong sinabi mo!" inis na sabi ko.

"W-Wag ka ngang maingay.." pabulong na suway sakin ni Deib.

"Tama sya.. baka kung anu-anong sinabi mo kay Gonza kaya ka ginanyan!?" si Max.

"N-Nagkaasaran kami h-habang naglalaro e.." napapayukong sagot ni Deib.

"W-What!?" malakas na bulong namin ni Max sa kanya.

Magsasalita na sana si Deib nung biglang..

"Oh my God! What h-happened to you?!"

SI KIM!!!

"K-Kim.." usal ni Deib. **"W-Why are you here??"**

"Anong why are you here?! Why am I here?! Of course I'm concerened!"

"O-Okay na ako.."

"Ano na naman ba 'to?! Ha?! Parati na lang bang magkakaganyan si Deib twing ikaw ang kasama?!"

Gulat kaming napatingin kay Kim nung sigawan nya si Max!

"K-Kim.. w-wag kang maingay kung ayaw mong palabasin ka dito.." suway ni Deib sa kanya at inis namang tumingin si Kim sa kanya. **"Wala syang kasalanan kaya wag mo syang sabihan ng ganyan.."** inis na dagdag ni Deib.

"Psh! Alam kong may gusto rin si Kev sa kanya kaya malamang nagselos yun sayo kaya ka nya ginanyan!"

"Hindi ganon yun okay?!" si Deib.

"Whatever! Oh e kumusta ka naman!?"

"I'm okay.."

"Psh! Hindi pwedeng hindi makarating kay Ate Dein 'to!" inis na sabi pa ni Kim at astang maglalabas ng cellphone.

"Alam nya na.. papunta na sya.." iwas ang tinging sagot ni Deib sa kanya at parang napapahiya namang tumingin si Kim sa kanya.

"I-Is that so?? A-Anong sabi nya?! Galit ba?!"

"I don't know.."

"Lagot ka.. humanda ka kay Ate Dein.." pananakot ni Kim kay Max..

"Tss.. baka nga sayo pa matakot yun kapag nakita ka.." sarkastikong sagot ni Max sa kanya.

"W-What?!"

"Tss.. wag ka ngang maingay dito.. Lumabas ka at don ka magsisigaw.. lalapit na lang ako para sagutin ka.. para kang bata.." ngingisi ngisi pang sagot ni Max sa kanya..

"You're nonsense.. just like your friend!" inis na sagot ni Kim sa kanya.

"Dupe.." bulong ni Max.

"W-What?!"

"Deaf.."

Hahahahahahaha loko talaga 'to..

Nasa ganoon kaming sitwasyon ng biglang dumating si Dein..

"Where's Deib?!" tanong nya na nakatingin sakin! Hindi ko naman na sya sinagot dahil mabilis syang nakalapit samin! **"My God! What is that?!"** gulat na tanong nya na nakaturo sa paa ni Deib!

Isa-isa syang tumingin ng masama kila Max at Kim at saka tumingin kay Deib!

"What happened to you!" tanong ni Dein kay Deib.

"Tch.. wala 'to.."

"Wala?! Look at your foot! Namamaga at nangingitim tapos wala?! E aba kung wala yan, sige magbasketball ka pa! Baka kulang pa!"

"N-Noona.." nakangusong tawag ni Deib sa kanya pero inirapan lang sya ni Dein at saka salubong ang kilay na tumingin sa station. Kasalukuyan namang papalapit na yung Ortho Doctor kaya hindi na sya nagsalita. **"D-Doc Timbol.."**

"Hi Doc Dein.." seryosong bati pa nito sa kanya at saka lumapit sa paanan ni Deib kung saan katabi nya pa rin si Dein. **"Nurse Khitchiee, kindly hand me the filter please.."** pakiusap nya sa isang nurse na agad namang lumapit samin. **"This is your brother's X-Ray result.."** pinakita nya yung film kay Dein. **"His ankle is fractured.. as you can see, nangingitim at swollen na ang paa nya.. Hindi ko na pina-MRI since nakita ko namang hindi severe ang damage.."**

"W-What should we do, Doc?" tanong ni Dein sa kanya.

"Surgery is not required in the vast majority of ankle sprains.. Even in severe sprains, these ligaments will heal without surgery.." mahinang sagot nung Doctor. **"Perhaps more important, however, is your brother's ability to bear weight.. If he's able to bear weight even after the injury then he's likely to return very quickly to play.. But if can't walk.. then he may need to be immobilized.."**

"For how long, Doc?? Kasi.. interhigh nila.. he's one of the basketball players.."

"Mm-Mm.." tanggi nung Doctor. **"That's a No-No.. he can't play in 2-3 days.. this one's not as easy as you think.. even if he's able to bear weight..."**

"P-Po!? E k-kailangan ko po'ng maglaro.." pagpupumilit ni Deib.

"Kung gusto mong magpaulit-ulit ang injury mo iho, edi sige maglaro ka.." sarkastikong sagot nung Doctor sa kanya.

Yari na..

"The treatment consists in the first 48 to 72 hours of resting the extremity, pahinga lang talaga.. Then, icing 20 minutes every two to three hours.. Also, more important is compression by providing an ACE wrap.. And another important thing is elevation, which means keeping the leg and ankle so that the toes are above the level of patient's nose.. Nose.. ilong.." istriktong dagdag pa nung doktor na tumingin pa kay Deib.

"H-Hindi naman po kailangan ng surgery, Doc??" tanong ulit ni Dein.

"No.. not necessary.. Surgery is rarely indicated in this cases.. Surgery may be needed in a patient who has cartilage damage or other concomitant injuries.. Ligaments are only repaired or strengthened in cases of chronic instability in which the ligaments have healed but not in a strong fashion.."

"I see.." parang nakahinga ng maluwag na sagot ni Dein. **"How about his recovery, Doc?"**

"Recovery actually depends on the severity of the injury.. this one's a minor injury, so probably, he can return to his activities in sports within several days.. 2-3days is more than enough.."

"Oh.. narinig mo ba yon!?" mataray na tanong ni Dein kay Deib.

"Tsk.. kung kailan naman nasa SIS na saka nagkaganito!" inis na sigaw ni Deib!

"E ano ba kasing pinaggagagawa mo!"

"Hindi ko ginusto 'to okay!?"

"Tsk! Ano ka ba naman, Deib!" inis talagang sigaw ni Dein sa kanya!

"If there's anything more you'd like to ask.. feel free to approach me.." pilit ang ngiting usal nung Doc Timbol. Napapahiya namang humarap si Dein sa kanya.

"Thank you so much Doc Timbol.."

"You're welcome.." sagot nya at saka bumaling kay Deib. **"If you want your fast recovery.. listen to your sister carefully.."**

"Y-Yes Doc.. T-Thank you.."

"Mmm.." sabi nya at saka naglakad papalayo.

"Nakakahiya ka!" sigaw ni Dein nung makaalis yung doctor! **"Ilang beses ka ba namang dadalhin dito?! Kung anu-ano kasing kalokohan ang sinusuot mo!"**

"H-Hindi nga kasi yun tulad ng iniisip mo e! Nung isang araw pa 'to okay?!"

"What?!"

"Tsk.."

"Anong nung isang araw pa?!"

"N-Nung isang araw pa.. b-bago pa ako pumuntang Palawan---"

"Baliw ka na ba?! E bakit hindi mo muna idinaan sa ospital!"

"E-Eh h-hindi ako aabot sa flight ko.."

"Siraulo ka talaga!"

"Tch.."

"Ibig mong sabihin.. yung mismong oras na pinaalis ka namin ni Lee nung Friday!?"

"M-Mmm.. n-nung pagkaalis ko.. S-Sa mismong gate ng SIS.."

"Ay engot.."

Hahahahahahahahaha! King inang yan.. yan ang hindi sigurado sa nararamdaman dre!? Yan ang hindi mahal dre?! Pakyu... hahahahahahaha! Papatayin kita sa pang-aasar bukas loko!

"Talagang hindi mo sinabi samin yan?! Bakit?! Para makaalis ka pa rin!? Kasi alam mong hindi ka namin papayagan kapag nakita namin yang injury mo!? Ang utak mo rin e no!?" sigaw nya at hindi nakasagot si Deib! **"Tumayo ka mag-isa dyan at uuwi na tayo!"**

"N-Noona.."

"Tumayo ka sabi dyan!"

Grabe naman 'to si Dein.. hahahahahahahaha.. Galit na galit!

"M-Masakit e.."

"Tiisin mo! Nakapag-Palawan ka pa nga di ba?! Tatayo ka dyan?! O paglalakarin pa kita pauwi!?"

Aww..

"Tayo!"

"E-Eto na.. Tsh! S-Sabi nung D-Doktor kanina.. m-magpahinga muna ako e.." nakangusong usal ni Deib na nagpupumilit tumayo.. Umalalay naman ako sa kanya.

"Psh! Kung gusto mong mamahinga, magpaconfine ka! Hindi ka pwedeng magtagal sa E.R. para lang makapagpahinga! Wala namn silang kailangan ng gawin sayo!" sigaw na naman ni Dein! **"Bilisan mo dyan ah! Hihintayin kita sa sasakyan!"** sigaw na naman nya at saka naglakad papalabas!

"Siraulo talaga yun.." bulong ni Deib.

"Tsk.. kasi naman.." usal ko at nginusuan naman nya ako.

"Tsk.. Pano yung kotse ko!?"

"Ihahatid nalang namin ni Lee.." sagot ko at inalalayan sya hanggang sa makaupo sa wheel chair.

"Haaay badtrip! Kasalanan ni Gonza 'to e!" inis na namang singhal ni Deib at saka tumingin kay Max. **"Wag kang lalapit don ah! Naiintindihan mo!?"**

Aww.. Ang sweet..

Hindi sya pinansin ni Max at naglakad lang..

"Hoy! Sabi ko wag kang lalapit kay Gonza!" sigaw na naman ni Deib sa kanya.

"Wag ka ngang makulet.."

Salubong ang kilay ni Max nung sabihin nya ang huling linyang yun..

"T-Taguro naman e.. w-wag kang lalapit kay Gonza.. Baka kung anong gawin sayo non e.."

"Ha! Psh!" singhal ni Kim na hindi makapaniwala sa pag-uusap nila!

'King inang.. awkward 'to dre!'

Ako naman e mukhang tangang nagtutulak ng wheel chair ni Deib papalabas!

"Taguro.."

"Ano ba!?"

"S-Sabi ko.. wag kang lalapit kay Gonza.. Ha?! Ha?!"

"Bakit ko naman sya lalapitan?!"

"E-Eh b-baka kasi.. B-Basta! Wag kang lalapit sa kanya ah!? Kapag lumapit sya ng kusa.. ikaw na ang kusang lumayo! Pababantayan kita dito kila Tob at Lee.. kapag nalaman kong lumapit ka kay Gonza lagot ka sakin! At kapag nalaman kong hindi ka lumayo kapag lumapit si Gonza sayo.. b-babaliin ko rin yang buto mo!"

Bwahhahahaha!!!!

"Tss.."

"Seryoso kasi ako.. Wag kang lalapit sa kanya.. baka mapano ka e.. W-Wala pa naman ako.. Hindi ako makakapasok ng ilang araw oh??" sabi ni Deib na itinuro pa ang paa nya.

"Kaya ko ang sarili ko.. hindi akong singlampa mo.."

Awwww..

"Tsk! Ayan ka naman e!"

Sila na ba!? Bakit ganyan sila magsi-asta?!

Nagpalipat lipat ang tingin ko sa kanilang dalawa at kusa kong naihinto ang pagtutulak sa wheel chair ni Deib!

Napatingin ako kay Deib! Nakanguso sya at paran bata'ng salubong ang kilay na nakatingin kay Max!

Si Max naman ay parang walang pakialam pero salubong rin ang kilay habang magkakrus pa ang dalawang kamay at malayo ang tingin!

Si Kim naman ay akala mo kung sinong maarte'ng diri'ng diri sa nakikita nya!

Ako naman ay mukhang tangang pinapanood at nagugulat sa mga pinagsasasabi nila!

Bakit ganyan sila mag-usap?!

Hmmmm..

Ano kayang nangyari sa Palawan!? Hahahahahahaha pakshet 'to si Deib! Sabi ko itext o tawagan ako e! Nakalimot ang mokong!

Kailangang makarelate ako dyan hahahahahaha.. kailangan ko yang malaman!

"Basta.. wag na wag mong kalilimutan yung sinabi ko dahil lagot ka talaga sakin kapag nalaman kong nakakasama mo yung Gonza na yun!" inis na sabi na naman ni Deib!

"Kayo na ba?!"

Gulat kaming napalingon ni Deib kay Kim!

"K-Kim.." usal ni Deib. **"N-Nandyan ka pa pala.."** mahinang dagdag pa ni Deib.

'Kanina pa.. ungas! Hahahahhahahahaha!'

"W-What!? Aaaiisssh! Ano ka ba Deib!" nanggigigil na sigaw ni Kim sa kanya.

"S-Sorry.. I really d-didn't notice you.."

"Tinatanong ko.. kayo na ba?!" sigaw nya na naman!

"Hindi pa.." nakangusong sagot ni Deib.

"Psh.. at talagang wala kang kadala-dala?! Hindi mo ba napapansin!? Wala syang pakialam sayo?!"

"Kim.." suway ko sa kanya pero tinignan nya lang ako ng masama at muling tumingin kay Deib!

"Wake up, Deib! Stop dreaming.. This is the reality! She don't like you and she doesn't care! Kung hindi mo nakikita yun e hayaan mong iparamdam ko sayo! Idiot!"

"Kim!" inis na suway ko sa kanya!

"What!?"

"W-Will you please leave?!" inis na tanong ko.

"What?!"

"We don't need you here! You're just adding up some noise!"

"What?!"

"Get out.." inis na utos ko sa kanya at parang wala naman syang magawa! Nanginginig na tumalikod sya samin at pabagsak na isinara ang glass door ng E.R.!

Baliw..

"Ano na Taguro?!"

Parang balewala lang kay Deib yung nangyari at muling bumaling kay Max!

"Oo na!" inis na sagot ni Max sa kanya.

"Hehehehehehe.. Hoy Tob.."

"Oh??"

"Narinig mo yun ah?!"

"Ang alin?!" natatawang tanong ko.

"A-Aiiissshh!!!" gigil na singhal nya at natawa ako ng tuluyan! **"Yung sinabi ko! Hindi sya pwedeng lumapit kay Gonza at hindi rin sya pwedeng lapitan ni Gonza! Kapag nilapitan sya ni Gonza ay kusa syang lalayo! Kayong dalawa ni Lee ang magbabantay dito kay Taguro!"** inis na dagdag nya!

Hindi ko sya sinagot agad at tinulak ko muna ang wheel chair palabas kung saan nandoon pala si Lee.

"Oh.. nandyan ka pa pala?!" tanong ko kay Lee.

"Dein's waiting for Deib.." sagot ni Lee.

"Mmm.. may habilin pa ang loko.." natatawang sabi ko sa kanya.

"Ano yun?" tanong ni Lee kay Deib.

"Sabi ko kay Tob.. bantayan nyo si Taguro.." si Deib.

"Ha?! Bakit?!"

"Ayaw kong lumapit sya kay Gonza at mas hindi sya pwedeng lapitan ni Gonza.." nakangusong sagot ni Deib.

"Ha?! Hahahahahahahaha bakit naman?!" natatawang tanong ni Lee.

"E-Eh sa ayaw ko e.. b-bakit ba?! Tch! B-Baka kung ano kasing gawin ni Gonza dyan e.. w-wala ako para tulungan sya.."

WTF???

"Hahahahahahahaha! Hoy.. Enrile.." natatawang tawag ko sa kanya. **"Si Max pa talaga ang sinabihan mo ng ganyan?! Anong akala mo sa sarili mo!? Si Batman?! Hahahahahaha.. Kailan mo naman natulungan si Max!? Hahahahaha.. eto si Superman oh.."** turo ko kay Lee.

"Tch! I'm not joking, Tob!" inis na sabi nya sakin na umasta pang tatadyakan ako pero umilag ako! **"Narinig mo naman kung panong nagyabang yang si Taguro kay Gonza kanina di ba?! May pa-You'll die if I tell you.. You'll die if I tell you pang nalalaman.. Tch!"** sabi nya na kay Taguro nakatingin! **"Kung nakakamatay lang ang kayabangan, most wanted ka!"** sigaw nya kay Taguro.

"Pwede ba?! Umuwi ka na lang at magpahinga! Pilay!"

"B-Bwa---Bwahahahahahahahahahahahahahahahahahahaha!!!!!" malakas na tawa ko at kasunod kong tumawa si Lee! **"Hahahahahahahahahahahahahahahah.."**

"A-Anong pilay?! Sabi ng hindi ako pilay e!" sabi ni Deib na astang tatayo na pero mabilis kaming umagapay ni Lee sa kanya! **"Wag kang magmatigas kung gusto mong gumaling ako!"**

"Tss.. ano namang kinalaman ko sa paggaling mo?! Ako ba magtataas nyang paa mo!?"

"H-Hindi nga! P-Pero----A-Aissssh! Ano ba?! Hindi ka ba talaga makakausap ng matino ha?!"

"Tss.."

~BEEEEEEP!!!! BEEEEEEEP!!!!~

Sabay sabay kaming napalingon sa gilid ng Hospital at nakita namin ang kotse ni Dein!

"H-Hinihintay na tayo ni Dein, Deib.." sabi ko.

"T-Teka.." sabi nya at saka tumingin kay Taguro. **"Hoy.. wag na wag mong bibitiwan yang cellphone mo dahil maya't maya tatawag ako.."**

"Geh lang.."

"Anak ng.. tandaan mo lahat ng sinabi ko, okay!? Wag matigas ang ulo Taguro.."

"Tss.. ano bang sinasabi mo?! Umuwi ka na.. pilay!"

Hahahahahaha..

"Yari ka talaga sakin kapag gumaling ako!" sigaw ni Deib sa kanya!

"Geh lang.. maghihintay ako.."

Natigilan si Deib at napatitig sa kanya..

WTF??? Baduuuuyyy..

Parang huminto ang mundo ni Deib at napatitig ng todo kay Max.. Tumingin pa sya sa magkabilang gilid nya at saka hindi mapigilan ang ngiting tumingin kay Max..

Anong kabaduyan yan dre?!

Hindi ko naman nagawa yan kay Michiko! Hindi ako nagmukhang tanga na ganyan dahil lang sa sinabi ni Michiko na hihintayin nya ako! Tsk.. wala na.. malakas na ang tama nito.. Tsk tsk..

Natatawa akong pinagmasdan si Deib na kinikilig!

"Tss.." singhal ni Taguro dahilan para matauhan sya.

"S-Sige hehehehehe.. alam ko namang hihintayin mo ko e.. Basta wag kang lalapit kay Gonza ah?! Hindi ko kasi alam kung anong gagawin ko kapag may ginawa sya sayo.." si Deib.

Anak ng..

"Walang gagawin sakin yun.." seryosong sagot ni Max at saka tumingin ng deretso sa mga mata nya. **"Sige na.. hinihintay ka na ng Ate mo.. mauna na ako sa loob---"**

"Teka naman.. hindi mo ba muna ako ihahatid?!"

"Anak ng.. may sundo ka na magpapahatid ka pa!?"

"E-Eh.. e kung ihatid mo na lang kaya ako sa bahay?!"

"Asa!"

Hahahahahahahahaha!!!

"Deib.. Dein's waiting.." si Lee.

"Hoy Taguro ah! Mamatay na makalimot!" pananakot pa ni Deib sa kanya!

"Geh.. pagaling ka.." sabi ni Taguro na tinapik sya sa balikat at saka naglakad papalayo.

"H-Hoy tignan mo 'to---Taguro!" sigaw ni Deib pero tinaasan na lang sya ni Max ng kamay at baliktad na kumaway..

Pinanood pa sya ni Deib hanggang sa makapasok ulit sa gate ng BIS..

Saka ako yumuko sa kanya at bumulong..

"Para kang bading kung kiligin dre.. nakakadiri ka.." bulong ko.

"A-Anong---Hoy! H-Hindi ako kinikilig ah!"

"Ulul pakyu! May mata ako!"

"Pakialam ko! Itulak mo na nga ako!"

"Oh!"

"D-Dahan dahan lang hapon! Siraulo!"

"Hahahahahahhahaha!" at nagtawanan kami ni Lee saka sya malumanay na itinulak papalapit sa kotse ni Dein..

"Hoy.. narinig nyo yung sinabi ko kanina ah??" salubong ang kilay pero seryoso talagang sabi ni Deib sa amin. **"N-Nag-aalala kasi talaga ako kay Taguro e.. Baka kasi k-kung anong gawin ni Gonza sa kanya.. wala pa naman ako dito.. Kaya kung pwede kayo na muna magbantay.. May tiwala ako sa inyo at alam kong hindi nyo rin naman pababayaan si Taguro.."**

"Ssshhhkk.. gagawin ko yan sa isang kundisyon.." nakangising sabi ko.

"A-Ano!?" tanong ni Deib sakin.

"Umamin ka muna.."

"A-Ano na naman yun!?"

"Hahahahahaha.. in love ka na kay Taguro no?!" mapanuksong tanong ko at nanlaki ang mga mata nya! **"Naaaaaaaaayyy!!!! Bwahahahahahahahaha in love ka na no?!"**

Hindi agad sya tumingin at lumingon muna sya kay Deib at saka inilapit ang ulo nya samin!

"W-Wag ka ng maingay! Gawin mo na lang yun sinabi ko! Bantayan nyo si Taguro dahil ari kayo sakin kapag nagkaron maski isang galos yun!"

"Hahahahahahahahahahaha in love ka na nga dre.."

"Tch!" singhal nya at saka biglang ngumiti!

"Naaaaaaaaaaaay!!!!!" sigaw ko na nakaturo pa sa mukha nya!

"Hahahahahahahahahahaha!" natawa si Lee.

"King ina ka dre.. bading ka! Bading na bading ka!!!" sigaw ko kay Deib at natawa naman sila ni Lee!

"Hahahahahahahahahahahahaha!"

"King ina ka.. manahimik ka na.." natatawang suway sakin ni Deib. **"Saka ko na ikukwento.. sa ngayon magpapagaling na muna ako at bantayan nyo si Taguro.. Kailangang sagotin nya pa muna ako hahahahahaha.."**

"Naaaayyyy..."

"Hahahahahahaha! Manahimik ka na nga, hapon!"

"Naaayyy.."

"Hahahaha! Sya sya.. mauuna na ako.. Mukhang kailangan ko na talagang ipahinga 'tong paa ko kasi nananakit na naman e.."

ngumingiwi na talagang sabi nya kaya naman dali dali na kaming kumilos ni Lee.

"Ano ba?! Ang tagal tagal nyo!" sigaw ni Dein.

"OO! Eto na nga!" sigaw ni Deib sa kanya!

"May pasok pa ko!"

"Tch!"

Nung maipasok namin sya sa loob ay isinenyas ko na sa guard yung wheel chair at saka kami ulit tumingin kay Deib.

"Wag kang mag-alala dre.. iingatan namin sya.." nakangising sagot ko.

"Oo.. ingatan mo Tob.. Ikaw naman Lee, wag kang masyadong dumikit kay Taguro dahil baka mainlove ka rin!"

"Pag-isiipan ko dre.." si Lee.

"A-Ano?!"

"Biro lang!"

"Kay Parrot ka na lang!"

"Tsshh.."

"Wushuuuuu!" pang-aasar ko kay Lee.

"Manahimik ka.." hamon ni Lee sakin.

"O sya sya.. basta text text.. tawag tawag!" sabi pa ni Deib na sumenyas! **"Kayo na bahalang magsabi kay Coach!"**

"Geh geh.."

"Geh.."

"Ingat.. Dein.. Ingat.."

"Thanks.."

"Pagaling ka dre.."

"Sige.. salamat.."

"Pagaling ka, Deib.."

"Oo.. mabilis lang 'to hehehehe.. Kita kita na lang ulit.. babalik ako agad.."

"You should.."

"Sige.."

"Bye.."

"Bye.."

At umalis na sila.

~BEEP!~

Busina pa ni Dein bago tuluyang makalayo..

"Sssshhhkk.." iiling-iling na usal ko at saka humarap kay Lee na bahagya ng nakangisi sakin.. **"Narinig mo yun?!"**

"Alin don?"

"Hahahahahahaha king ina in love na si Deib, dre.."

"Halata nga.."

"Hindi na sya in denial hahahahaha.."

"Good for him.."

"Bad for you.. Psh.."

"Huh??" maang-maangang tanong nya.

"Huh?! Hotdog! Nasan si Parrot?!"

"Why are you asking me?" paiwas ang tinging sagot nya.

"Ayy.. nakanampucha.. Gumaganyan ka na Gozon ah!? Hahahahahahah!"

"Shut up, Tob!"

"Ikaw naman ang in denial stage ngayon, dre.. Don't worry, mararating mo rin yun stage ni Deib.. Kausapin mo lang ako hahahahahahaha.."

"Tsh.." singhal nya't iniwan ako!

Kunwari pa 'to e mas obvious pa kay Deib 'tong ugok na 'to.. Tsk tsk.. Buti pa ako, honest hahahahaha!

Mabilis kaming naglakad papasok ng school at dumeretso sa Court.

MAX'S POV

Mabilis kong hinanap si Naih pagkapasok ko sa loob ng school..

Pero bago pa man ako makarating sa Hall namin ay mukhang inaabangan na ako ni KIm..

Napahinto ako nung makita ko sya pero nagtuloy rin agad..

Lalampasan ko na sana sya nung mabilis nya akong pigilan sa braso at dahan dahang iharap sa kanya.**"We're not done yet.."** mahinang bulong nya.

"Ano na naman?" malumanay na tanong ko.

"Ikaw ang dahilan kaya nagkakaganyan si Deib ngayon!"

"Mmm.. nakita mo ba yung nangyari?" malumanay na tanong ko.

"Oo.."

"Ako ba ang tumapak sa paa nya?"

"That's not what I meant, stuuupid! Ibig kong sabihin---kung wala ka sa tabi nya hindi sya mamalasin ng ganyan!"

"Oh e anong gusto mong gawin ko?" malumanay pa ring tanong ko.

"Layuan mo na nga kasi sya!"

"Sige.."

"What?!"

"Tss.. sabi ko, sige.."

"You're pathetic.."

"Anak ng.. pumayag na nga't lahat may nasasabi ka pa rin?! Kim.. I'm not in the mood.. So if you'll excuse me.. I have----"

"No.. I said.. we're not done yet.."

Pinigilan nya ako sa pagtalikod.

"Porket sayo na nanliligaw si Deib, akala mo naman sasambahin na kita?! Ha?! Asa ka!" dagdag sigaw nya pa!

"Ano bang sinasabi mo?" pilit nagpapakatino'ng tanong ko.

"Balita ko sinama mo sya sa Palawan ah!?" nakangisi pang tanong nya.

"Hindi ko sya sinama.. sumunod sya.."

"Sumunod!? Psh! Sinong maniniwala sayo!? Hahahahaha! Simpleng malandi ka rin e noh!? Kunwaring nagtitigas tigasan pero nasa loob rin pala ang landi!"

"Kung malandi na yun sayo.. pano pa kaya yung ginawa mo?" inosenteng tanong ko at pinandilatan nya naman ako ng mga mata. **"Kung ayaw mong maniwalang sumunod sya sakin, edi mabaliw ka na lang kaiisip.."**

"Psh! You're insane.."

"And you're sane?!" inis na talagang tanong ko. **"You're wasting my time Kim.. Kung may sasabihin ka sakin get straight to the point dahil may taong mas may saysay kausap sayo ang kailangan ko pang puntahan.."**

"Si Gonza?" mayabang na tanong nya.

"Mmm.."

"Psh! Wala ka ring pinagkaiba sakin! Nilolоko mo si Deib!"

Hanep.. ibang klase ring 'tong babae'ng 'to e.. bumubuo ng sariling kwento sa isip nya..

"Sinong baliw ba ang nagbulong sayong syinusyota ko si Gonza?! Baliw ka talaga eh noh!?" inis na tanong ko.

"Hindi mo ko malоloko!"

"Hindi talaga kita malоloko dahil bihasa ka sa panlоloko.. At isa pa.. hindi kita tropa para lokohin ko.. Wala ka lang talagang alam Kim.."

"Then tell me.. ano mo si Gonza?!" naghahamong tanong nya! **"Ano mo sya! Sino sya!"**

"Sya?? Sya ang papatay sayo.." nakakalokong sabi ko sa kanya at nilampasan sya!

Pampaubos lagi ng oras.. peste..

Mabilis akong naglakad dahil sa di kalayuan ay natanaw ko na si Gonza at mukhang hindi nya ako nakita..

Kaya naman eksaktong paglapit ko ay pagharap nya kaya naman bago pa sya makapagsalita ay dinakma ko na agad sya sa jersey nya..

"Taguro.." nakangising usal nya sa mismong mukha ko.

"Gonza.." nakangisi ring usal ko at saka ko dahan dahang inilapit ang mukha nya sa tenga ko. **"Kapag may nangyaring masama kay Enrile.. buburahin kita sa mga nabuhay na taong nakilala ko.. naiintindihan mo??"** mahinang bulong ko at narinig ko ang paglunok nya. **"Masaya akong kaaway Gonza.. pero hindi ako patas kung lumaban.. Kapag isa sa mga taong nasa paligid ko ang nadamay.. siguraduhin mong hindi kita makikita, kasi.."** dahan dahan ko syang inilayo at tinitigan ko sya sa mga mata. **"...ano mang oras, kaya kong maging kriminal.."** nakangiting sabi ko at saka sumeryoso at kitang kita ko kung paanong natigilan sya.

Naglakad ako papalayo pero ramdam kong humabol sya kaya kusa akong huminto at dahan dahang tumingin sa kanya.

"Wag kang magsalita na parang kilalang kilala mo rin ako, Maxpein Moon.." nakangiting sabi nya at saka rin sumeryoso. **"..dahil wala kang ideya kung anong kaya kong gawin.."** matalas ang tinging dagdag nya at tinanguan ko naman sya at saka tinalikuran at nilapitan si Naih.

"Okay ka lang??" nag-aalalang tanong ko sa kanya..

Ang totoo ay nakita ko kung paanong pagtripan ni Gonza si Naih kaya ko sya nilapitan at binulungan.. Kasalukuyang nasa sahig si Naih kaya tinulungan ko syang tumayo.

"Gago'ng yan!" sigaw ni Naih na may gasgas pa sa nguso. **"Sinampal ako!"**

Hindi ako sumagot sa kanya at nilingon ko si Gonza na ngingisi ngisi na!

"Wag ka kasing sumale kung hindi ka naman kasale! Masyado kang maingay!" sigaw ni Gonza na nakaduro pa kay Naih.

"Gonza! Let's go!" dinig naming sigaw nung Coach nya na agad ring lumapit kaya naman hindi na namin hinarap pa si Gonza. **"Ano bang**

nangyayari sayong bata ka?! Interhigh 'to at ngayon lang tayo nakapasok dito! Sinira mo pa!"

"Halika na.. dadalin kita sa Clinic.." sabi ko kay Naih at saka inalalayan sya.

"I'll see you tomorrow, Taguro!" dinig kong sigaw ni Gonza pero hindi ko na sya nilingon.

"Anong nangyari don at nabaliw nang ganon!?" si Naih.

"Ano bang ginawa mo?!" inis na tanong ko.

"E-Eh bastos sya e! Akala mo kanya yung quadrangle! Itulak ba naman ako para lang makadaan sya!?! Kung hindi ba naman sya gago ni hindi ko nga sya napansin e!"

"S-Sana hindi mo na lang pinansin.."

"Ano!? Helleeerr?! Ako pa?!"

"O sige.. tignan mo kung anong nangyari sayo.."

"Psh! Max.. naglalakad ako pabalik! Nag-la-la-kad! As in hindi ko sya nakita---hindi ko alam na paparating sya---hindi ko alam na humihinga sya sa harap ko at makakasalubong ko sya! All of a sudden tinulak nya ako!"

"Alam mo ng baliw e.." inis na sabi ko at saka dinala sya sa Clinic. **"Nurse Leann, makikilinis ho ng sugat nya.."**

"Oh.. anong nangyari dyan?" si Nurse Leann.

"Nadapa ho.." sagot ko.

"Tsk tsk.. angganda ganda ng mukha mo, sisirain mo.." sabi pa nung nurse at saka nag-umpisang gamutin yung gasgas sa labi ni Naih.

"Oo nga po e.." nakangusong sang-ayon ni Naih kay Nurse Leann. **"Itong ganda kong 'to?! My God.. Stop me! Stooooopp me!"**

"Ano po 'to?" tanong ko habang nakaturo sa isang basang bulak.

"Cottonballs with alcohol.." sagot ni Nurse Leann.

"Pakibuhos ho sa bibig nyan ng matahimik.."

"Hahahahahahaha!" tawa nung Nurse.

"Psh.. hardcore ka rin e!"

"Tss.."

"Oh anong nangyari kay Sensui?" tanong sakin ni Naih. Tumingin naman ako sa kanya.

"Pinauwi na muna.. kailangan daw nyang magpahinga.."

"Grabe no!? Ambilis nangitim nung paa nya.. di ba kahapon okay na sya?!"

"Tss.. ikaw ba naman tapakan ng hardcore e.."

"Lokong Gonza yun.. ang sakit nun.." nakangiwing sabi nya at hindi ko na sya sinagot.

At nung matapos syang gamutin ay nagpaalam agad kami.

"Thanks Nurse Leann.." si Naih.

"Mmm.. sige.. Mag-ingat na sa susunod ah?"

"Sige po.."

Matapos nun ay dumeretso kami sa Billiard Hall.

"Max.. nag-uumpisa na naman yung gulo.. Tsk.." biglang sambit ni Naih. Alam kong nag-aalala sya.

"Wag ka na kasing makisali.."

"Psh! Bakit?! Nakikisali ba ako!? Nananahimik 'tong ganda ko tapos manunulak sya at mananampal!? Aba! BIS 'to at hindi 'to Mental! Kung hindi pwedeng dumaan sa harap nya king ina nya magtayo sya ng sariling daanan sa utak nya! Baliw sya!"

"Tss.. kahit ngayon lang.. pagbigyan mo ko.. Wag mo na syang papansinin.. Kapag nakita mo sya malayo pa lang, ikaw na mismo ang lumayo.." mahinahong utos ko sa kanya at saka bumuntong-hininga.

"E sino ba kasi yung Gonza na yun!? Tsk.. seryoso.. hindi ko sya inaano! Naglalakad lang ako e bigla nya akong ginanito nung makakasalubong ko na sya?! Buti na lang talaga dumating ka! Pano mo kami nakita!?"

"Tss.. kausap ko si Kim.. natanaw ko kayo kaya nakita ko yung ginawa nyang pagtulak sayo pero hindi ko nakitang sinampal ka.." sagot ko.

"Bakit ba sya nagkakaganon!?"

"H-Hindi ko alam.."

"E anong kinalaman nya sayo!?"

"Anong sakin?!" inis na tanong ko.

"Alam mo.. hindi ako bulag para hindi makita at mas lalong hindi ako bingi para hindi marinig! Narinig ko yung pinag-usapan nyo kanina! Nakita mo si Gonza kanina?! Galit na galit sya at maski isa sa mga kasama nya ay hindi sya maawat! Ni hindi ko nga maintindihan kung panong yung sweet sweetan na Gonza ay minura ka at tinawag kang *'gago'* kanina! Nakita mo ba yung galit sa mga mata nya?! Ako, kitang kita ko yun kaya naman takang taka ako kung bakit biglang

naging ganon na lang ang galit nun sayo! Samantalang sya 'tong mukhang tangang susunod sunod sayo!"

Hindi ako nakasagot..

"M-Max, umamin ka nga.. k-kilala mo ba si Gonza?!" naghihinalang tanong nya at napatingin ako sa mga mata nya.

"H-Hindi ako sigurado.."

"Anong hindi ka sigurado!?"

"Ewan ko.. hindi ako sigurado kung kilala ko ba talaga sya.."

"A-Anong ibig mong sabihin?!"

"Tss.. alam mo namang hindi ko ugaling magkwento.."

"Nakakainis ka naman e!"

"Naih.. hindi ko rin alam okay?! At hindi ko rin sigurado.. Ako mismo ay hindi ko masagot ang sarili ko.. kaya wag mo na muna akong tanongin kasi nai-stress lang ako.."

"Aiisshh! Nakakaloka ka naman e! Ayan na naman tayo sa mga pamisteryoso epek mo e!"

"Tss.. e sa wala akong maibigay na sagot sayo ngayon, anong magagawa ko.." inis at seryoso na talagang sagot ko kaya naman nanahimik na sya.

Mabilis na namang tumakbo ang oras at may laro kami ni Naih..

Pinag-aralan muna namin ang mga tira nila at nung makita namin kung paano silang maglaro ay saka namin minadali ang laban..

Sa huli..

PANALO..

AUTHOR'S NOTE: Hindi ko na pahahabain ang INTERHIGH ah?! Tinatamad nako e hehehehe.. paulit-ulit lang naman description ko. Don na lang sa laban ng SIS, BIS at LU. Thank you! d^_^b FOR UPDATES: www.facebook.com/maxinejiji.*

"Mas nananalo ka pala kapag wala si Sensui e.." nakangiting usal ni Naih at nilingon ko naman sya. **"Bago ko nga pala malimutan.. kagabi sabi mo galing ka pa sa kanila?!"**

"Mmm.." maikling sagot ko.

"Oh?! Anong nangyari!?" excited na tanong nya. **"Nandon ba si Randall ha?!"**

Hindi ako sumagot.

"Hoy!"

"Ano?!"

"Nandon ba kako si Randall!?"

"O-Oo.."

"E bakit ganyan ka makasagot!?"

"Tss.."

"Oh!? Anong nangyari!?"

Hindi ako sumagot at umastang nag-iisip..

"Anong nangyari!!!"

"Teka naman.." inis na sabi ko at sumimangot naman sya.

At kinuwento ko sa kanya ang buong nangyari kagabi at si tanga.. panay ang tawa!

"Bwahahahahahahahahaha ang tanga naman nya?! Akala ko pa namang sobrang talino non ni Dein! Nako.. si Randall, hindi ba't matalino yun?! Anong nangyari bigla!?"

"Tss.. malay ko dun.."

"As in hindi sya nakasagot sa Chairman ng mga Enrile!? Yung Great Grandfather ni Sensui yun di ba!?"

"Mmm.."

"Super sungit nya ba ha!?"

"Hindi naman.."

"Oh!? E bakit parang masungit sya?!"

"Ewan ko.."

"Psh.. pero alam nya kung ano ka ni Deib!?"

"Eh!?"

"I mean.. alam nya bang nagliligawan kayo?!"

"A-Anong nagliligawan!? Tss.. sya lang ang nanliligaw sakin!"

"Ayy.. ulul! Wala kang kwentang kausap! Malamang ganun na rin yun----Napakadefensive mo!"

"Tss.. Oo!"

"Waaaaaaaaaa! Talaga?! Talaga?! Alam nyang nanliligaw si Deib sayo!?"

"Oo nga.."

"Pano nya nalaman?!"

"S-Sinabi ko.."

"Waaaattt!!!!!??? Ang tigas naman ng mukha mo?!"

"Hahahahahahahahaha kaelib ka talaga Max!!! Oh e anong sabe nung Chairman!? Boto naman daw sya sayo!?"

"Ewan ko.."

"Bakit hindi mo tinanong?!"

"Tss.. hindi ako interesado.."

"Nyeeeehh.. Psh! Pero.. ano na?!"

"Ano na naman?!"

"Yung kay Randall.. a-ano na!?"

"H-Ha??" maang-maangang tanong ko.

"Hindi ba't sinabi mo sakin na malalaman mo lang ang mararamdaman mo kapag nakita mo na si Randall?! Oh e nakita mo na---ano na?!"

Tss.. Naalala pa badtrip..

Hindi ako nakasagot agad!

"Hooooyy!!!! Makspeyn!!!!" sigaw nya!

"O-Oh??"

"Ayy.. tsk tsk.." iiling-iling na sabi nya nung hindi ako makasagot. **"Si Randall pa rin, tama??"** tanong nya at hindi ako sumagot. **"Juskoh po! Juskoh po.. maloloka ako sayo kaibigang maasahan sa oras ng pangangailangan---ano ka ba naman!!!!!"** sigaw nya na napapahawak pa sa batok at noo nya! **"Si Randall.. gwapo.. pero mas gwapo si Deib! Yung dating ni Randall, seryoso at yung kay Deib, nakakaloko.. Si Randall.. may Dein.. si Deib, may Maxpein---"**

"Manahimik ka nga.." seryosong suway ko sa kanya at nginusuan nya naman ako.

"E-Engkasi naman.. h-hindi ba talaga pwedeng si D-Deib na lang?!"

"Kung ganon lang kadali yun Naih, hindi mo na kailangang sabihin lahat sakin yan.." pasiring na sagot ko sa kanya at ngumuso na naman sya. Bumuntong-hininga ako at saka tumingin ng deretso sa kanya. **"W-Wala pa ring nagbabago sa kilos ko nung makita ko sya e.."**

"Amp.. Tsk.."

"Naiinis pa rin ako twing makikita ko sila ni Dein at n-nagseselos pa rin ak----"

"Kasi.. tinitignan mo sila!" sigaw nya sakin dahilan para matigilan ako! **"E kung kay Deib ka titingin... matutuon sa kanya ang atensyon mo!"**

"N-Nahihirapan rin ako akala mo ba.. Ayaw kong lokohin ang sarili ko.." malumanay na dagdag ko at natigilan sya. **"Kahit na kasi anong iwas ko.. sa twing makikita kong hindi pa rin nagbabago yung paraan ng pagtingin nya sakin.. h-hindi ko maiwasang hindi balikan yung nararamdaman ko---"**

"Max.."

"N-Naih.. kasi twing makakasama ko sya, nakikita ko pa rin sa mga mata nya yung paraan kung pano sya tumingin sakin noon.. Nakikita ko na inaalala nya pa rin ako.. A-Ang hirap iwasan nung mga tingin nyang alam mong para sayo talaga..."

"Edi sya pa rin talaga??"

"Kailangan ko pa bang sagotin yan?" nakakainsultong tanong ko sa kanya at nagsalubong naman ang mga kilay nya.

"Kung ganon e pahintuin mo na lang si Deib.. kasi.. masasaktan mo lang rin pala sya.." halatang galit na usal nya. **"At sana.. hindi mo na hinayaang mangyari kung anu-ano man yung mga nangyari sa Palawan.. para hindi naman maging mahirap para sa kanya na kalimutan ka.."**

'E ginusto ko rin yun e..

Napahawak ako sa batok ko at napahilamos sa mukha ko..

"Nag-eeffort yung tao para sayo para lang maiparamdam sayo yung feelings nya.. The more na hinahayaan mo syang gawin ng gawin sayo yung mga ginagawa nya, binibigyan mo sya ng lisensya para umasa.. Bakit ba umaasa ang isang tao?! Kasi may nakikita silang pag-asa.. Kaya kung ako sayo.. be a human and tell him na wala syang pag-asa!"

Hindi ako nakasagot..

"Psh.. malamang sasabihin mo na naman ngayon e ayaw mo syang masaktan?!" nakangiwi pang tanong nya! **"Aba e.. pahintuin mo man sya sa panliligaw o hindi masasaktan at masasaktan mo sya!"**

Tss.. yun naman pala e.. Edi maige na yung nandyan na lang sya kesa wala..

Natigilan ako sa sarili kong naisip..

Tss..

"Alam mo?! Elib talaga ako sayo.. biruin mo.. yung iba, namomroblema dahil yung mga mahal nila, ayaw sa kanila! E ikaw?! Mahal ka na.. dinedeadma ka pa! Jusko lang Makspeyn.. hihilingin kong sana.. Sana!! Sana talaga.. wag umabot sa puntong.. mahulog ka kay Deib kung kelan ayaw nya na.. Dahil kapag nagaya ka kay Kim?! Ha! Pagtatawanan talaga kita.."

Natigilan ako sa sinabi nya.

"Huh! Oo! Pagtatawanan talaga kita!" dagdag nya pa!

Napabuntong-hininga na lang ako at iniiwas ang paningin sa kanya..

"Sana nga ay wag kang magaya kay Kim.. na nakita yung halaga ni Deib kung kelan ikaw na ang mahal nya.. At wag ka naman sanang ipagtabuyan ni Randall sa huli.. tulad ng ginawa nya kay Kim dahil may Dein na sya.." sabi nya at saka tumayo. **"Punta muna akong Canteen.. Dyan ka na muna.. mag-isip isip ka hehehehe.. Akala mo ata ikaw pinakamaganda sa buong universe kaya pagpili sa dadaladalawang lalaki, hirap na hirap ka.."**

Inis na tinignan ko sya at nakanguso naman syang umalis sa harap ko..

Sinundan ko pa sya ng tingin at saka ako tumayo at itinuon ang dalawang kamay ko sa mesang nandon at saka ako napayuko..

Peste.. Bakit ba kailangan akong pag-isipin ng ganito ng nararamdaman ko!? Tsk.. andami dami kong pwedeng problemahin bukod dito.. pero bakit dito ako hirap na hirap?!

Mga ilang minuto ang nakalipas bago ko naisipang lumabas ng Hall at sumunod sa Canteen.

Pero hindi pa man ako tuluyang nakakarating sa Canteen..

"Maxpein.." si Mallyu. **"Kumusta??"** mayabang ang dating ng tanong nya. Dalawa lang naman si ni Yago.

"Ayos naman.. kayo ba?" pormal na sagot ko.

"Ayos lang rin naman.. Mmm.. nabalitaan namin yung nangyari kay Enrile ah!?" natatawa pang sabi nya saka tumingin kay Yago na lilinga linga sa kabuuan ng school. "Ayos na ba sya?!"

"Mmm.. nakauwi na.."

"Ahh.. hahahahaha bakit pinauwi agad?! Hindi na ba makalakad?"

"Kailangan nyang magpahinga ng mga ilang araw.."

"Hahahahaha.. aba e ilang araw lang? Bakit hindi pa pangmatagalan?!"

Nagitla ako sa sinabi nya pero hindi ako nagpahalata.. Tumingin lang ako ng maayos sa kanila..

"Ito pala ang school na pag-aari ng mga Enrile!?" si Yago. **"Masyadong malaki.. hehehehehehe.. hindi naman siguro kawalan.. kung mababawasan??"**

Hindi ako kumibo at tumingin lang sa kanila.

"Nagtatanong tanong samin si Gonza tungkol sayo ah??" mayabang pang sabi ni Yago na nangulangot pa at saka tumingin sakin.

Hindi pa rin ako sumagot.

"Hindi naman siguro mababawasan ang pagkatao mo kung magsasabi kami sa kanya ng kakarampot na impormasyon!?" nakangisi pang dagdag ni Yago.

Kinabahan ako.

Pero hindi parin ako nagpahalata sa kanya.

"Bakit nga kaya naging interesado bigla sayo yung bubwit na yun!?" tanong naman ni Mallyu. **"Ha?! Taguro?!"** nakangising dagdag nya pa.

Nagkibit-balikat lang ako.

"Hmmm.. hindi naman sigurado sya patay na patay sayo tulad ni Sensui!?"

Nagulat ako pero hindi ako nagpahalata..

Bakit pati yang mga bansag na yan ay alam na nila?!

"Nakamove on naman na ako don sa chic ko e.. pwedeng pwede ko ng ibigay kay Gonza yun.. Lalo na ngayon at mukang iisa na ang takbo ng utak namin.." mayabang at nakangising sabi ni Mallyu na kunwaring tinitignan ang mga kuko nya saka dahan dahang tumingin sakin. **"Natatandaan mo naman siguro yung huling pagkikita natin, Maxpein??"**

"Mmm.."

"Sabi ko naman kasi sayo Maxpein.. hindi tayo magkaibigan pero.. sana nanatili na lang tayong walang pakialaman.. Nananahimik kami kaso masyado kang mayabang.."

"Tss.."

"Oh.. hahahahahahaha ayan ka na naman e.." parang nang-uutong dagdag pa ni Mallyu. "**Sa tingin mo ba kaya mo kami kung... kakantiin ka namin kapag mag-isa ka na lang!?"**

"Ano na naman ba 'to?" pormal na tanong ko.

"Paalala lang heheheheheheehe.. Para ipaalala sayo na hindi mo kami mga aso.." tumatawa pero galit talagang sambit nya. At saka dahan dahang lumapit sakin na umastang inaayos ang uniporme ko. **"Na kahit anong tapang mo.. lalaki pa rin kami at may limitasyon ang kakayanan mo bilang babae.. Masyado ka kasing matapang Maxpein at yung yabang mo, masyadong nakakalalake.."** mahinang usal nya pa na pinagpag ang bandang kwelyo ko. **"Pero.. bakit nga ba ganon??? Sa twing susugurin ka namin, hindi ka inaabutan ng peligro?? Hahahahah.. hindi ka naman ganon kabait para pilahan ng mga anghel mo, di ba?!"**

"Ano bang sinasabi mo?"

"Alam mo ang sinasabi ko.."

"Tss.."

"Masyado kang maraming alam, Maxpein.. Alam mo naman sa grupo natin.. hindi pwedeng kumalas kung sino yung maraming alam?? Kaso.. kung umasta ka ngayon ay parang hindi naman tayo nagkasama ng matagal noon hahahahahahahahaha.. Kung kantiin mo kami ay akala mo hindi ka pumailalim sa kapangyarihan nam---"

"Hindi ko alam ang mga sinasabi mo Mallyu.." pormal na usal ko at pinandilatan naman nila ako ni Yago at saka sila nagkatinginan at.. TUMAWA..

"Bwahahahahahahahahahahahahaha!!! Hahahahahahaahahahaahahaha!!!!"

"Hindi daw alam!? Bwa---Bwahahahahahahahhahahahahaha!!!" si Yago.

"Nakalimot ka na ba, Maxpein!?"

"San??" tanong ko.

"Sa pinagsamahan natin.. ano pa nga ba?"

"Tss.. may pinagsamahan ba tayo?"

"Marami.."

"Hindi ko alam ang sinasabi mo.."

"Hahahahaha anong hindi alam!? Hindi mo alam ang sinasabi ko!? Hindi mo alam?! Gusto mo bang ipaalam ko pa sayo.. o ipapaalala ko sayo para hindi ka magtangatangahan ngayon sa harap ko!?" mayabang na tanong nya at saka tumingin ng seryoso sakin. **"Dati ka ring tulad namin, Maxpein.. Kumakapit sa patalim para mabuhay.."**

Hind ako sumagot sa kanya..

"Gusto mo bang isa-isahin ko pang ipaalala sayo kung paano kang nakakain ng maayos nung mga oras na walang wala kang malamon?!"

Bumilis ang tibok ng puso ko at palihim pa akong tumingin sa paligid ko at tinignan kung may tao..

"Ha! Nakaahon ka lang ng kaunti.. hindi mo na maalala lahat?! Maxpein.. kami ang kasama mo nung mga oras na wala kang matirhan dahil ayaw ka ng tanggapin sa bahay nyo.. hahahahahahahaha nalimutan mo na ba?! Kahit na sabihin nating iilang buwan lang yun.. Maxpein.. kami pa rin yun.. Kami!?" nang-uuto pang sabi nya na hinimas himas ang buhok ko. **"Kami yun.."**

Napayuko ako at napabuntong-hininga.

"Kami ang kasama mo nung mga oras na walang wala ka at kailangan mo paring huminga.. Yung mga oras na sinasabi mong wala kang allowance at hindi ka kayang buhayin ng pagbibilyar mo dahil hindi ka rin naman manalonalo dahil hindi ka makamove on kay Randall, hahahahahahaha! Kami yun, Maxpein.." si Mallyu.

"At hindi ka naman makakakawala samin kung hindi ka tuluyang nagpakagago kay Randall na naging dahilan kung bakit ka ibinato sa Korea.." dagdag naman ni Yago.

Nanatili akong tahimik at hindi nagpapahalatang kabado sa harap nila. Bahagya akong nakayuko at hindi makatingin ng deretso sa kanila.

"Dapat nga ay nagpapasalamat ka pa dahil.. kung hindi lang namin naiisip na minsan ka naming naging kasama?! Hindi ka naman namin hahayaang tarantaduhin kami ng ganon e.. Kung san, isang pitik ko lang pwede kang paglamayan.. hahahahahahahahaha!" si Mallyu.

"Kaya sana.. konting pakisama.. Kapag may trabaho kami, wag ka na lang makialam para hindi na kami nahihirapan at nagdadalawang-isip na saktan ka.. Kasi ang hirap e.. ang dali dali nung trabaho namin, pinapahirap mo! Masyado kang pakialamera! Alam mo ba kung kelan kami huling kumain ng masarap!? Nung oras na si Enrile ang target namin! Ang laki laki ng bayad samin ni Choco pero sa ginawa mo, daig pa namin ang nadispalko!" si Yago.

Muling lumapit sakin si Mallyu at saka bumulong.

"Wag ka ng makikialam sa susunod na may kakantiin kaming kilala mo dahil kapag ginawa mo yun.. Alam mo na kung san ang kalalagyan mo.. malinaw ba, Ta-gu-ro?!" nakangising bulong sakin ni Mallyu. Hindi naman ako kumibo.

"Bakit nyo ba ginagawa 'to?" pormal na tanong ko at parang nagulat naman sila.

"Bakit daw natin ginagawa 'to!? Hahahahahahah! Tang*na mo ang hirap mo'ng kausap!!! Ano, limot mo na ba?! Sa ganitong paraan kami kumikita ng pera, Maxpein! Sa ganitong paraan kami nakakakain at sa ganitong paraan kami nakakapag-aral! Hindi kasi kami pinagpalang tulad mo na kahit na gaganyan ganyan ka.. pinapalamon ka pa rin nila!" sigaw sakin ni Mallyu at muli akong napatingin sa magkabilang tagiliran ko munit walang tao. Lumapit sya sakin at dinuro duro ako sa noo! **"Iisa lang tayo, Maxpein! Tulad ka rin namin noon! Kaya wag kang magmalinis ngayon!"**

"Hindi ako katulad nyo.." pagmamatigas ko at bahagya sila kunwaring tumawa pero alam kong napipikon na sila!

"Gago ka talaga e no?! Kelan ka pa natuto'ng maghugas ng kamay mo?! Ang Maxpein na kilala ko aminado sa lahat ng katarantaduhan nya! Anong nangyari sayo?!"

"Bakit hindi kayo magtrabaho?!" inis na tanong ko at sumama naman ang tingin nila sakin!

"Bobo ka ba?!" si Yago! **"Trabaho nga namin 'to pero dahil sa mga pakialamerong tulad mo.. parating dehado!"**

"Tss.. hindi ako kailanman naging tulad nyo.." mahinang usal ko.

"Hahahahahahhahaha! Hindi naman talaga e.. dahil kami, matapang.. Ikaw, mayabang!" si Mallyu. **"Ni hindi mo nga magawang pumatay ng tao, di ba?! Kasi ang sabi mo.. may *'kunsensya'* ka! Pero nung kainin mo yung pagkaing nanggaling sa taong pinatay ng mga kasamahan mo e hindi ka nakunsensyang kumain!? Bobo ka! Bobo!"**

"U-Umalis na kayo dito.." mahinang usal ko.

"Tsk tsk tsk.. umiral na naman ang kayabangan nito.. pero sige.. pagbibigyan ka namin kasi may kakausapin pa kaming bagong kaibigan e.. Hehehehehehehehe.. Maraming araw pa naman tayong magkikita.. hanggang next week pa ang Interhigh di ba?! Hehehehehehe.." si Yago.

"At wag na kayong babalik.."

"Aww.. hehehehehehh ilang beses ko ba sasabihing hindi mo kami aso, Maxpein!?" si Yago.

"Nakikiusap ako.."

"E pano ba yan?? Kailangan kong tanggihan ang pakiusap mo?! Masyadong mabigat e hehehehehehe.. Baka nakakalimutan mong hindi pa bayad yung huling atraso mo!? Ilang beses mo kong binangasan nun at hinding hindi ko kailanman makakalimutan yun.." si Mallyu.

"Kayong bahala.." sabi ko at tinalikuran sila.

HUMABOL SI MALLYU!

Ramdam kong nagtaasan ang balahibo ko nung hawakan nya ako sa balikat! Pero hindi ako nagpahalata..

Bahagya syang dumikit sa likuran ko at naramdaman ko ang paghinga nya sa tenga ko..

Suminghot sya ng malakas at saka bumuntong-hininga..

"Wag mo hahayaang magpakalat kalat ang mga taong malapit sayo.. dahil kapag nakita ko silang mag-isa.. totorture-rin ko sila.." mahinang bulong nya at saka ko naramdaman ang paglayo nya..

Bahagya akong lumingon at nung makita kong naglalakad na sila papalayo..

Saka lumabas ang nginig sa mga kamay ko..

Sobrang bilis ng tibok ng puso ko at naglakad ako hanggang sa makarating ako sa likuran parte ng Batibot..

Hindi ko napigilan ang sarili kong mapaupo don..

King inang yan..

Ang bilis bilis ng tibok ng puso ko..

Paniguradong seryoso si Mallyu sa lahat ng sinabi nya at posibleng totoohanin nya yun..

Hindi ako kinakabahan para sa sarili ko..

Natatakot ako para sa mga tao'ng malapit sakin..

Ilang beses akong huminga ng malalim at saka sumunod kay Naih sa Canteen.

"Oh ayan na pala ang bida.." si Migz.

"Ang tagal mo naman?!" si Naih.

"May kinausap lang.." mabilis na sagot ko sa kanya at saka ako dumeretso sa line at um-order ng food ko at maya maya lang ay nakabalik na ako.

"Ayy.. gutom?!" si Migz.

Don ko lang napansing andami kong in-order.

"Bet ulit magpataba.." si BJ.

"Okay ka lang ba Max?? Mukhang matamlay ka??" si Michiko.

"O-Okay lang.." pilit ang ngiting sagot ko.

"Parang ang tamlay tamlay mo kasi ngayon.."

"E panong hindi tatamlay?! Ang Deib Enrile.. nangitim ang paa! Jusko naman Michiko, mag-evolve ka nga! Ikaw nga e.. lagnatin lang ang Tob, kinukumbulsyon ka na! Ganon lang rin ang Max.." biro ni Migz at natawa naman sila maliban sakin. **"Oh.. tignan mo ang Lola mo, hindi na naman interested.."**

Nagtinginan sila at bumuntong-hininga naman ako.

"Oh.. ang balita ko e ihuhuli na daw ang laban ng BIS at LU dahil sa initan nila Deib at Gonza kanina.." si BJ. "Ano ba kasing nangyari don!? Tirik ba ang araw at masyado syang naging hot?!"

"Oo nga.. lolo mo ang gwapo gwapo parang naulul! Dinamba ang Papa Deib my goodness! Buti na lang dumating si Lee para isave ang Deib!" si Migz.

"Psh! Anong isave!? Kaya pala hindi man lang nya nagawang suwayin yung si Gonza!" si Naih.

"Hala! E bakit parang mas galit na galit ka naman, teh?!" biro ni Migz kay Naih.

Ano nga bang nangyari don at naulul ng ganon yun? Tss..

"At saka ano yung sinabi nya sayo Max?! Sinabihan ka nya ng gago di ba!? Sorry for the word pero naconfuse talaga ang beauty ko.. Ang lolo mo, bet na bet ka, remember?! More habol ang Lolo mo kahit lunch time.. tapos kung pagsalitaan ka kanina?! My gaaawwdd! What happened?!" si BJ.

"Oo, binanggit nyang, *'Moon'* ka rin pala?! O e ano naman?! Bawal maging Moon!?" si Migz.

"H-Hindi ko rin alam kung b-bakit sya nagkaganon.." sagot ko.

"Ang weird nya noh!?" si Michiko. **"Nasira tuloy yung moment nung laro.. ang ganda ganda na e.."**

"Nako.. alam mo bang nagalit si Dean?! Nandon ako kanina nung meeting e.. bet nya ng ipahinto ang Interhigh kaso magiging mahirap nga daw sabi ni Coach, kasi sino nga naman ang iaannounce na champion di ba!? Syempre, nasa atin ang title.. unfair nga naman sa ibang schools.." si Migz.

"Hindi rin naman nila pwedeng ipahinto agad agad dahil lang sa ganong incident.. Oh e anong sabi ni Gonza?! Bakit nya daw ginawa yun kay Deib!?" si BJ.

"Nagkapikunan daw sila sa loob ng court dahil masyado daw mayabang si Deib.. Ang sakin lang naman, kung nagkapikunan nga sila.. edi go na sa sapak! Nakasapak na sya e, bakit nya pa tinapakan yung paa ni Deib di ba?!" si Migz.

"Oo nga.." sagot naman nila.

"Napaka-hot ng Lolo mo.. Pano namang nagkaganon ang paa ni Deib!?" si BJ.

"Nako, katangahan yun.. Bago yun sumunod samin don sa Palawan, natisod sya sa sarili nyang katangahan hahahahaha-----Ehem.. A-Ayun.. kawawa nga e.."

Iniba ni Naih ang biro nya nung makitang masama ang tingin ko sa kanya.

"Oyyyy!!! Ayan na! Anong nangyari sa Palawan ha!? Tinext lang sakin ng Naih yun pero hindi na nasundan! Jusko kaya naman ang imahinasyon ko e punong puno ng langgam! Nakooooo! Kung ako ang tatanongin, hindi na ako magtataka kung *'kayo'* na ng Deib!" sabi sakin ni BJ.

"Tss.. asa.." natatawang sagot ko.

Iniiwas ko ang paningin ko sa kanila.

"Wooooww ah! Makasagot ng asa.. akala mo naman blondie ka! Hoy bakla! Ang ganda mo e 1/8 lang ng ganda ng Michiko at 1/2 lang ng ganda ng Zarnaih! Ang kagwapuhan ng Deib Enrile pa ang sinabihan mo ng ganyan?! Juskoh ka.. konting hiya naman teh.."

"Tss.. Ano bang sinasabi mo dyan?! Nagkasama lang kami sa Palawan.. end of story.."

"What?!" si Migz. **"Ano ka ba naman teh!? Maliwanag ba sayong nanliligaw ang Deib sayo---alam mo ba?!"**

"Tss.."

"Paalala lang teh! Baka nakakalimutan mo e! Jusmiyo.."

"Hahahahaha hot seat nga dyan.." pang-aasar pa ni Naih.

Natapos ang lunch time at nagtuloy lang sila sa pang-aasar. Pero hindi ko na rin sila masyadong pinansin dahil wala na ako sa mood masyado..

Kaya naman nung sumunod na laban ay naging mabilis ang laro..

BIS VS Galicia International School

Pagkabreak ko nang bola ay saktong nahulog na ang uno at dos kaya naman sa tres na ako nag-umpisa.

Nung masipat ko ay mabilis akong tumira at nakuha ang prepa para sa susunod na bola..

At nagsunod sunod ang ginawa ko hanggang maubos ang bola..

"Waaaaaaaaaaaa!!!"

"Lupeeeeet talaga!"

"Ang galing!"

"Idooool!"

"Bakit hindi nya ginawa kanina'ng umaga yan?!"

"Oo nga.. may talo tuloy silang isa!"

"Goooo Max!"

"Let's goooo Tagurooo!"

"BIS for the win!"

Sumunod si Naih at ganon lang rin, pagkabreak nya ng bola ay may nahulog na bola kaya naman tinira nya agad ang kasunod munit pagdating sa singko ay sumablay sya kaya naman nakatayo ang kabilang school na sumablay rin pagdating ng siete kaya naman tumayo ako at tinapos ang set na yun..

"Kyaaaaaaaaaaaa!"

"Ibaaaa kaaaa!"

"Anggaling moooo!"

"Gooooo BIS!"

Hindi kami halos nagpapansinan ni Naih dahil wala talaga ako sa mood at alam kong ramdam nya yun..

Kaya ending..

PANALO na naman kami..

"Grabe.. iba talaga ang laro mo kapag iba ang mood mo.." bulong sakin ni Naih matapos iannounce na kami ang winner. Kasalukuyan na kaming pabalik sa bench namin kung saan naghihintay sila Michiko.

"Congrats.."

Sabay kaming napalingon ni Naih.

SI CHUPAN.

"Long time no see, Serr!" si Naih.

"Mmm.." sagot nya at pareho kaming tinignan mula ulo hanggang paa.

"Kumusta Serr?!" si Naih.

"Ayos lang naman at maige'ng hindi ko kayo nakikita.. hahahahahahaha akalain nyong may talento kayo sa ganitong larangan?! Kaya naman pala nuknukan kayo ng kayabangan! Tsk tsk tsk.. Ano Del Valle?!" baling nya sakin. **"Aba'y hindi na kita halos nakilala ah?! Bakit namayat ka yata?! Ikaw ba ang tinitira at namayat ka nang ganyan?! Hahahahahahahaha!"**

"Bastusan ba ipinunta mo dito.. Serr???" seryoso at maangas na tanong ko.

"Dati ka naman ng kabastos bastos Del Valle ah!? Bakit parang naninibago ka pa?! Hahahahaha! Bakit?! Aba e hindi porket pinuri ko ang talino mo sa pamilya mo e ibig sabihin mapapaamo mo na ako.. wala akong pakialam kahit pag-aari mo pa ang buong Pilipin---"

"Mananahimik ka Serr, o susungalngalin kita gamit nitong pang-*'tira'* ko?!" galit na tanong ko!

"M-Max.." pigil sakin ni Naih pero hindi ko sya pinansin. Nanatili akong masama ang tingin ke Chupan.

"Ano kamo!?" galit na tanong ni Chupan.

"Hindi ako magdadalawang isip na ihampas sayo 'to---pag may isang bastos na salita pa ang lumabas dyan sa bibig mo.."

"Wala ka talagang modo e, ano?!"

"Kung sing bastos mo rin lang namana ang kaharap ko bakit pa ko magiging magalang?!" inis na tanong ko at saka lumapit ng bahagya sa kanya. **"Magdahan dahan ka kasi sa paninilata mo, Serr.. Hindi naman kasi tayo magkabiruan di ba??"** nakangisi pang tanong ko.

"Hahahahaha bakit?! Gusto mo bang maging magkabiruan pa tayo, Del Valle?!"

"Wag mo ng pangarapin, Chupan.." nakangising sabi ko at saka dahan dahang sumeryoso at tumingin ng masama sa kanya. **"..Dahil *masakit* akong magbiro.."** dagdag ko at natigilan naman sya. Kaya naman sinenyasan ko si Naih at naglakad na kami papalayo.

"Loko.. tinakot mo.. Sana hindi mo na pinatulan--ano ka ba! Baka mamaya nyan bumagsak tayo e.." bulong pa ni Naih.

"Inuubos nya pasensya ko.." inis na bulong ko at saka kami tuluyang lumapit sa bench.

"Ang init ng ulo mo.."

Mabilis na tumakbo ang oras at wala na kaming sumunod na laro..

Kinausap agad kami ni Coach at tinignan na rin namin ang susunod na sched namin bukas..

Isa lang ang laro namin bukas at ganon rin sa Wednesday at Thursday.

Karamihan kasi ng school ay natalo na namin.

Kaya pagdating sa LUNA next week, wala na kaming ibang kakalabanin kung hindi si **SAM**.. at yung kasama nya.

"Pano yun?! Parang ang weird naman.. isa na lang ang kalaban nyo next week sa Luna'ng venue?!" si Michiko.

"Oo.. SIS na lang.." nakangiting sagot ni Naih.

Kasalukuyan kaming naglalakad papalabas ng Parking ng BIS. Uwian na.

"Magbabago na lang ang schedule kung may makakatalo samin bukas hanggang Thursday na mukha namang imposible dahil mahihina ang kalaban.. Hindi naman sa pagmamayabang pero.. alam nyo namang hindi kasing sikat ng ibang sports ang billiards pagdating sa girls.. Sa dami ng kilala nyong babae, iilan lang naman don ang

nagbibilyar di ba?!" si Naih. **"Kaya naman.. sa tingin ko wala ng makakatalo samin ngayong week na 'to.."**

"Oo, kayong dalawa nga lang ni Max ang kilala kong nagbibilliards.." si Michiko.

"Ako rin.." si BJ.

"Bukod sa inyong dalawa, si Sam.. Ayun.. kayong tatlo lang heehehehe.." si Migz.

"Ayun nga.. bibihira ang naglalaro kaya paniguradong yung ibang school e tinuruan lang yung mga representatives nila at hindi sila tulad namin ni Max na matagal ng naglalaro.. kaya ayun, hindi na ganon kahirap saming talunin sila.." si Naih. **"Wag lang sanang tsumamba kasi.. gusto rin naming magkaron ng title hehehe.."**

"Sabagay.. magagaling na kayo at mukhang mga baguhan naman sila.. may nakausap nga akong isang school at idol na daw nya talaga kayo.. ang galing nyo daw kasi.." si BJ. Nginitian naman sya ni Naih.

"Edi.. ibig sabihin, BIS na ang magchachampion sa billiards nyan?!" si Michiko.

"Yiiiee oo nga, exciting yan!" si Migz.

"Hindi pa sigurado.." si Naih.

"Ha??? Bakit?!" yung tatlo.

"Kasi meron pang SIS.. si Sam.. magaling sya.. At yung kasama nya, marunong rin yun kaya naman.. mahihirapan pa rin kami.." sagot ni Naih.

"Ha?! E-Eh di ba.. natalo naman sya ni Max!?" si BJ.

"Oo nga pero kasi.. mahirap ng magsalita ng tapos.. Magaling si Sam.. kahit tanong nyo pa si Max.." si Naih. **"Yung mga makakalaban namin this week.. hindi naman sa minamaliit ko sila at hindi rin naman sa pagmamayabang pero.. hindi talaga magiging mahirap para samin ni Max na talunin sila.. Pero next week?? Kahit iisa na lang ang kalaban.. yung pinakamagaling naman.. di ba Max?!"**

Tumango naman ako sa kanila kaya bahagyang bumagsak ang mga balikat nila.

"Aaahh basta! Naniniwala akong magchachampion kayo hehehehehe! Kaya galingan nyo!" si Migz.

"Hahahahaha e kahit magsama kaming dalawa ni Max, kayang kaya kaming talunin ni Sam.." si Naih.

"Ha?! Ganon sya kagaling?!" si Michiko.

"Mmm.."

"Aww.."

"Tara na.. inaantok nako.." sabat ko kaya naman natigilan silang lahat kaya naman tinalikuran ko na sila para lumapit sa motor ko.

"Serious type ang eksena ng Taguro ngayon noh??" dinig kong bulong ni Migz at nagbungisngisan sila pero hindi ko na sila pinansin.

Sumakay ako sa motor ko at isinuksok ang susi nung biglang magvibrate ang cellphone ko.. Mabilis kong kinuha yun at sinagot..

"Oh?" sagot ko.

"Anong nangyari kay Deib?!" si Maxwell.

"Tss.. mahabang storya.." sagot ko na napapabuntong-hininga pa.

"How is he?"

"I don't know.."

"What?!"

"Umuwi na sya.. kanina pa.."

"Oh e kumusta na nga?!"

"Hindi ko nga alam.. hindi ko naman sya kasama!" inis na sagot ko.

"Tsh! Edi bago kayo maghiwalay!"

"Ayos naman sya.. bakit ba alalang-alala ka?!"

"Tsh! He's also my patient!"

"Okay na yun.."

"Yeah right.. Sige, SALAMAT!" parang galit pang sabi nya at saka ibinaba ang cellphone.

"Tss.." singhal ko pa at saka ibinulsa yun.

"Tara?!" biglang sulpot ni Naih. Tinanguan ko na lang sya at saka ako naunang umalis.

Bahay.

"OMG.. I can't believe what just happened to my Deib!"

Gulat kaming napatingin kay Yaz nung sabihin nya yun. Nakahawak sya sa ulo nya at nakayuko sa mesa!

"Did you see that?! That little punk beat him---"

"Wag ka ngang OA.." biglang sabi ni Naih. **"Okay na si Deib.. kailangan nya lang ng pahinga!"**

"At sino naman kasi yung bansot na yun!?" si Yaz.

"Si Gonza.. taga-Luna.."

"He's so scary.."

"Oo kaya wag kang magkamaling lapitan yun!"

Hanggang ngayon ay wala ako sa mood..

Wala na nga ako sa mood nung umaga.. dumagdag pa 'tong kila Mallyu at Yago..

Ang hirap mag-isip badtrip..

"Tama nga naman sila Migz kanina, sana hindi na lang tinapakan ni Gonza yung paa ni Deib.." si Naih.

"Bakit nya nga ba ginawa yun?!" si Yaz.

"Ewan ko.. nagulat na lang kami nagkaganon na silang lahat.."

"Aakyat na muna ako.." sabi ko sa kanila at saka ako umakyat para umidlip..

Pakiramdam ko ay pagod na pagod ang utak ko..

DEIB'S POV

Sa daan pauwi, walang tigil katatanong sakin si Noona!

"Ano?! Hindi ka pa rin ba talaga madadala?!" inis na tanong nya habang nagdadrive.

"A-Ano ka ba.. parte ng laro 'to.."

"Ang mangitim ng ganyan ang paa mo?! Sinong niloko mo!"

Hindi ako nakasagot!

"Hindi mo ko mallloko Deib! Alam kong hindi magkakaganyan ang paa mo kung hindi yan nasprain nung una pa lang!"

"E-Eh kaya nga sinasabi ko sayo.. p-parte ng laro ang ganito.. K-Kasama 'to sa game.. aksidente naman e.."

"Aksidente!? Ibig mong sabihin naaksidente ka na at lahat nakuha mo pang magbakasyon sa Palawan?!"

"N-Noona.. h-hindi naman kasi 'to kasing lala ngayon.. Nung nasa Palawan kami, nadaan pa ni Maxwell sa first aid.. p-pero kasi kanina.. n-natapakan na ako kaya nagkaganito.."

"Edi ibig ngang sabihin ay hinayaan mong magkaganyan yan!"

"H-Hindi ko naman kasi alam na magkakaganyan.."

"Oh e bakit ka dinala sa ospital?! Wala ba kayong first aider don?!"

"M-Meron kaso kasi n-nagkagulo na e.."

"Psh.. mga engot.. Dapat ay inaasikaso ka nila bilang first aider! Ang sprain ay mukhang simple pero isang maling galaw mo dyan madadamage mo ang ibang ligaments at pwedeng lumala ang injury! Kung nangyari yun habang papunta ka sa ospital?!"

"O-Okay naman na ako e----"

"Oo at kailangan mong magpahinga ng todo! Hindi ka makakalaro ng basketball kaya kakausapin ko si Lolo---"

"Noona.." nakangusong pakikiusap ko.

"Wag kang makulit! Hindi ka nga pwedeng maglaro! Ano ka ba?! Hindi ka ba makaintindi?! Nagmamatigas ka ba o ano?! Kasi pababayaan talaga kita!" inis na sigaw nya at nginusuan ko lang sya. **"Narinig mo ang sinabi ng doktor, kailangan mong magpahinga ng dalawa hanggang tatlong araw! At ang ibig sabihin ng pahinga ay mag-i-stay ka lang sa bahay sa loob ng tatlong araw!"**

"H-Ha?!"

"At kung gusto mo talagang makabalik sa paglalaro mo e makinig ka sakin at wag ka ng magmatigas dyan! Kapag sinabing pahinga---pahinga! Wala kang gagawin kung hindi magpahinga!"

"P-Pano na yung game namin?" bulong ko.

"Uunahin mo pa ba naman yun kesa sa sarili mong paa?! E sa hindi ka makakapaglaro---anong magagawa nila?! Mapipilit ka pa ba nila?! Kapag pinilit ka nila----sabihin mo sakin at ako mismo kakausap sa Coach nyo!"

"H-Hindi na.. okay na yun.. s-sila Tob na ang bahala.."

"Ano ba naman yang mga kaibigan mo hindi ka man lang nagawang tulungan?!"

"H-Hindi naman kasi kami magkakatabi, Noona.. On going ang game nung mangyari yung aksidente.."

"Ano ba kasing ginawa mo?! Na naman!"

"N-Nagkapikunan kami nung k-kalaban e.."

"Ayan! Kasi hindi mo na tinigilan yang pagiging bully mo!"

Hindi na ako kumibo kasi tama naman sya..

Alam kong may kasalanan rin ako kaya nagkaganon si Gonza..

Haaaayyysss..

Ang tindi naman ng karma ko?! Ilang araw kong hindi makikita si Taguro! Huhuhuhu pinagsisisihan ko na po..

Pagdating namin sa bahay ay agad akong pumasok at...

"My goodness, what happened to you baby?!" gulat na tanong ni Mommy pagkakita sakin.

"Oh?? Anong nangyari!?" nag-aalalang tanong ni Daddy dahilan para mapalabas mula sa kusina si Manang at nag-aalala ring tumingin sakin.

Naupo ako sa sofa at lahat sila ay nakaamba ang tingin sakin. Eksakto namang pumasok si Noona..

"Ayan.. kausapin nyo yang nuknukan ng gwapo nyong anak! May duty pa ko!" sigaw nya at saka inilapag ang gamit ko at umalis. **"Alis na po ko!"** sigaw nya pa pero tinginan lang nila sya.

"What is this, Deib!?" seryosong tanong ni Daddy na nakaturo sa may benda kong paa.

Huminga ako ng malalim.

"A-Aksidente, Dad.."

"What!?"

"P-Part of the game.." pagdadahilan ko. **"Aksidente akong natapakan nung kalaban ko.."**

"Oh e bakit ganon na lang kung magsalita ang Ate mo!?" si Manang.

"B-Bago po kasi mangyari yung a-aksidente e.. m-may nakainitan akong player na kalaban n-namin.."

"What?!" gulat na tanong nila.

"I-It's just a simple misunderstanding.. okay?" pagsisinungaling ko.

"Oh e ano na daw ang gagawin dito sa paa mo?!" si Dad.

"I n-need to rest, Dad.."

"Ha??"

"I can't play for three days.."

"My God.." bulong ni Mommy.

"Are you okay??"

"I'm okay, Dad.."

"Pano na ang laro mo kung ganon?"

"I have no choice.. I have to stay at home and rest.. or else, I'll suffer.."

"Good.. mabuti at alam mo yan.. Pero sana sa susunod mag-iingat ka!"

"It's part of the game, Dad.. h-hindi naiiwasan ang ganito.."

Napabuntong-hininga silang lahat habang nakatingin sa akin at saka muling nagsalita si Dad.

"Halika.. I'll take you to your room.."

"It's okay, Dad.. kaya ko naman po umakyat.."

"No.. I'll take you.." sabi nya at saka tumayo at inalalayan ako.

Pagkaakyat namin sa kwarto ko ay sumunod agad si Mommy na may dalang first aid kit.

"Palitan natin ang benda mo.." sabi pa ni Mommy.

Hinayaan ko lang silang asikasuhin ako dahil daig ko pa ang nakalutang kaiisip..

Parang bumagsak ang mundo ko..

Ang interhigh na ilang araw kong pinaghandaan..

Huling MVP title na matatanggap ko bilang high school..

Ang babae'ng gustong gusto kong makasama..

Ang babae'ng hindi ko kayang hindi makita!

Nang dahil sa bwisit na Gonza na yan----nawala lahat!!!!!!

Hindi mawala sa isip ko yung sakit na naramdaman ko kanina habang padiin ng padiin yung pagkakatapak nya sa paa ko na akala mo ay pumapatay sya ng upos ng sigarilyo na nakapatok sa paa ko!

Peste kang bansot ka!

Nakaramdam ako ng matinding inis at kung makikita ko lang si Gonza ngayon ay pwede ko syang punitin na parang papel!

Nang dahil sa ginawa mo.. hindi ko na mapapanood si Taguro.. hindi ko pa makikita! Ano na lang ang silbi ng buhay ko!

Wala sa sariling hinigit ko si Tagsen at malungkot na tinitigan yun..

Taguro.. hindi ko kaya..

Nung matapos sila Mommy ay nagpaalam lang sakin at saka lumabas ng kwarto..

Don ko inilabas ang inis ko!

Badtrip!

Kung hindi ko kaya inasar yun---hindi ako magkakaganito!?

Pero bakit ganon na lang sya magsalita kay Taguro!?

Muling pumasok sa isip ko yung sinabi nya kay Taguro..

Gago ka.. pinaikot mo ko.. Moon ka rin pala?!

"Anong ibig nyang sabihin??" mahinang bulong ko sa sarili ko. **"Kung ganon.. hindi nya alam kung sino talaga si Taguro?"** napapaisip pang bulong ko. **"Sabagay.. pano nya nga naman malalaman, e kami ngang schoolmate ni Taguro e pahirapan bago makilala kung sino talaga sya.. sya pa kayang ngayon lang sya nakita?!"**

"Pero.." napailing pa ako. **"...bakit nga ganon ang sinabi nya?!"** takang tanong ko kay Tagsen. **"Ibig sabihin kilala nya ang mga Moon?!"**

"Pano?!"

Napuno ng tanong ang isip ko..

Napaisip ako..

Bakit ganon na lang ang gulat nya?! E ano naman kung Moon si Taguro?! Ano bang alam nya sa mga Moon para maging ganon ang reaksyon nya?

Inalala ko ang itsura ni Gonza kanina..

Yung mga tingin nya kay Taguro ay hindi tulad ng nakasanayan kong makita sa kanya..

Bakas ang galit sa mga mata nya at pailalim talaga ang tingin nya kay Taguro!

Isang normal pero kakaibang tingin ng isang taong galit sa kausap at kaharap nya!

Hindi naman siguro malalagay sa panganib si Taguro sa kanya, di ba?!

Kinabahan ako bigla!

Tch! May gusto yun kay Taguro e.. pano mangyayaring gagawan nya ng masama si Taguro?!

"Pero hindi dapat ako pakasiguro.. Hindi ko kilala ang pagkatao ng Gonza na yon.. kaya pwedeng kung anu-ano ang gawin nya kay Taguro.. Tsk!"

Inis akong kinuha ang cellphone ko at tinawagan si Tob.

"Hello?!" sagot nya. **"Ano?! Okay ka na ba?! Nakauwi ka na?!"**

"Si Taguro?!"

"Anak ng... kauuwi-uwi mo lang si Max na agad hanap mo!?"

"Nasan sya!?" inis na tanong ko.

"May laro sila ni Naih ngayon.. hinihintay nga namin sila dito sa Gym e.."

"Bantayan mo ah?!"

"Dre.. nakauwi na si Gonza kanina pa.."

"Sigurado ka?!"

"Oo.. sabi nila Chris ay pinauwi na.. Sinabi rin ni Coach.."

"Tsk.. sinabi mo ba kay Coach yung lagay ko!?"

"Nandito sya sa tabi ko.. gusto mong kausapin?!"

"Sige.."

"Hello!? Enrile?!"

"C-Coach.."

"Anak ng.. ano bang nangyari sayo?!"

Malakas ang sigaw nya dahilan para bahagya ko pang mailayo ang cellphone ko sa tenga ko at saka bahagyang inilapit yun!

"Hindi ka daw makakapaglaro?! Anak ng teteng naman oh!" sigaw ulit ni Coach.

"E-Eh Coach.. h-hindi ko talaga kaya e.."

"Ano ba kasing nangyari sa inyo ni Gonza?! Bakit ka nya ginanon!?"

"N-Nagkapikunan lang Coach.."

"Tsk.. ano ka ba naman?! Hindi ba't sinabi ko sa inyong alisin nyo muna ang mga ganyang alitan kapag nasa loob ng court?!"

"H-Hindi maiwasan Coach e---"

"Anong hindi maiwasan!? Maiiwasan mo yan kung gusto mo! Tignan mo ngayon ang nangyari sayo?! Dehado ka at dehado tayo! Pano ka magiging MVP kung ganon sabi nito ni Yanai e hindi ka pwedeng maglaro ng ilang araw dahil magpapahinga ka! Pano na tayo!"

Nakaramdam ako ng panlulumo..

"Pano na ngayon ha?! Pano ka magiging MVP ngayon?! Tsk tsk.. kung sakin ay ayos lang kahit hindi ka maging MVP e.. pero sayo?! Ano?! Pano na?! Alam nating lahat na gustong gusto mong maging MVP pero pano mangyayari yun ngayon kung wala ka naman dito at ilang araw kang mawawala!" sigaw na naman nya. **"Yan na nga ba ang sinasabi ko e.. bakit kasi hindi ka na lang nagfocus sa game at sana isinantabi mo na lang**

Anong meron?! Anong meron kami!?

"S-Sorry Coach.."

"Sorry.. Sorry.. Tsk! May magagawa pa ba naman tayo?! Dehado ka na dyan! Anak ng.. tsk!"

"Sorry talaga Coach.. b-bawi na lang ako.."

"Oh e ayos ka naba?!"

"Okay naman na Coach.."

"Ayusin mo ang sarili mo at sa Luna na ang interhigh pagbalik mo! Paniguradong Championship na yon!"

"M-May laro po ba ngayon!?"

"Meron! Apat!"

Napakamot ako sa ulo..

"Kayang kaya naman ng mga team mates mo yun pero ako na ang nagsasabi sayo Enrile.. parang awa mo na magpagaling ka.. Kailangan ka namin.."

"Y-Yes Coach.."

"Kaya nating humabol kaya magpagaling ka.. naiintindihan mo!?"

"Yes Coach.."

"Sana lang ay walang maging talo ang team.. ngayong wala ka.." napapabuntong-hininga at may tonong panghihinayang na usal nya.

"K-Kaya nila yan Coach.. magtiwala lang tayo.."

"E ano pa nga ba?!"

"O sige na sige na.. pinapanood ko itong sila Del Valle at Marchessa.."

"C-Coach.."

"Oh!?"

"A-Ano po'ng score nila??" nahihiya pang tanong ko.

"Psh! Kung hindi mo pinairal ang kayabangan mo edi sana napapanood mo ngayon si Del Valle!"

Napabuntong-hininga ako.

"Lamang sila! Lamang na lamang!"

Ano pa nga ba!? Magaling ang Taguro ko e.. Hayyyy.. Taguro.. Taguro.. Taguro..

"Mukha ngang mainit ang ulo e.." dagdag pa ni Coach.

Bakit?!

"O sige na Enrile.. kailangan ko silang bantayan.."

"S-Sige po Coach.. thank you.. and again, I'm sorry.."

"O sige na.. magpagaling ka dyan.."

"Yes Coach.."

"O eto na si Yanai.." sabi nya pa.

"Oh hello!? Nanonood kami ng laro nila Max.."

"Oo nga daw sabi ni Coach.."

"Parang wala sa mood si Max, dre.."

"Bakit?!"

"Masama ang mukha e hahahahahahaha.. parang anytime, mananapak e!"

"Bakit kaya?!"

"Malay ko hahahaha.. nababasa ko ba laman ng utak nun!? Psh! Baka nabadtrip kasi hindi ka nakikita?!"

"Sa tingin ko tama ka.. hahahahahahahaha!" biro ko.

"Hahahahahaha pakyu.. asa ka naman!"

"Tch!"

"Pero pwede rin hahahahahahahaha.."

"Kaso mukhang hindi na sya okay kanina pang umaga di ba?!"

Ang totoo.. napansin ko rin yon..

Yung unang game nila ay natalo sila.

Bukod sa maraming sablay si Taguro ay mapapansin mo talagang parang tamad na tamad syang kumilos at maglaro..

Bakit naman kaya?!

"O sige na, dre.. hindi ako makapagfocus sa pinapanood ko e.." dagdag ni Tob.

"Oo sige.. balitaan mo ko ah!?"

"Mmm.. may laro tayo e.. Sayang wala ka.."

"Oo nga e.."

"Sige dre, pagaling ka.."

"Sige sige.. tawagan mo ko kung anong mangyayari ah?!"

"Sige.."

"Text mo ko kapag nanalo sila Taguro.."

"Sige.."

"Sige.. Salamat.. Bye.."

"Bye.."

Nung maibaba ko ang cellphone ay saka ako muling tumingin kay Tagsen..

"Bakit kaya wala sa mood yung isa mo pang Daddy?! Tsk.." nakasimangot na tanong ko. **"Hindi nya ba alam na ako?? Kapag wala ako sa mood sa umaga.. masilayan ko lang yung namumuti sa pulbos na mukha nya e tuwang tuwa nako?! Tch.."**

Inalala ko yung mukha ni Taguro..

Ang payat payat nya na..

Wala naman sya masyadong ginagawa pero bakit namayat sya agad ng ganon?! At ang bilis pa!

"Hindi kaya may cancer sya tulad nung mga napapanood ko sa pelikula?!"

Engot..

Ilang buwan pa lang ang nakakalipas simula nung nakilala ko si Taguro at ang laki talaga ng ipinayat nya..

Hindi man sya sing payat ni Kim pero ang laki talaga ng ipinayat nya..

Dati rati ay makikita mo pa ang taba sa tagiliran nya pero ngayon ay may korte na..

Hindi naman sya mukhang elepante pero mataba sya talaga..

O nasanay lang talaga ako sa ng nakakakita ng sexy!?

Tch.. mataba talaga sya Deib!

Pilit kong inalala ang mukha nya at hindi ko namalayang nakatulog na pala ako..

Maya maya pa..

"Deib.. baby.."

"Mmm..." ungol ko.

"Baby, dinalhan ka ni Mommy ng dinner.. Kain ka muna.."

"O-Ohh.." ungol ko pa at saka dahan dahang iminulat ang mga mata ko. **"W-What time is it, Mom??"**

"9:00pm.."

Ang tagal naman ng tulog ko!?

"I was trying to wake you up for afternoon snack pero hindi kita magising.." nakangiti pang sabi ni Mommy at saka isa-isang inayos yung foods. **"May pinuntahan rin kasi kami ng Daddy mo kanina kaya late na.. Here.. susubuan na kita.."**

"Ako na po, Mom.."

"Kaya mo ba?"

"Mom.. paa ang may problema sakin, hehehehehe.." biro ko at ngumiti naman sya sakin at saka naupo sa swivel chair at lumapit ng bahagya sa tabi ko.

"Siguro.. alalang alala si Maxi sayo noh??"

Napahinto ako sa pagsubo at napatingin sa kanya. Nakangiti sya sakin at nanunukso ang tingin.

"A-Ahh.. hahaha.." naisagot ko lang.

"I'm sure, nag-alala sya sayo.." napapabuntong-hininga pang sabi nya. **"Baby, can you do me a favor?"**

Gulat akong napatingin kay Mom.

"W-What is it, Mom??"

"Please.. wag ka ng makipag-away?? Wag ka ng mangbully.."

"M-Mom.."

"I'm worried, okay??" dagdag nya pa at bakas talaga ang pag-aalala sa mukha nya. **"I heard what happened.."** sabi nya na tumingin pa sa paa ko. **"Wag ka na kasing mambully ng students para hindi ka nagkakaganyan.. Nagalit ang Daddy mo.. pero sabi ko ako na lang ang kakausap sayo.."**

Kinabahan ako bigla!!!

"You don't have to worry dahil hindi 'to makakarating sa Chairman pero.. promise me na hihinto ka na.."

"M-Mom.. hindi naman kasi ganon yun e.."

"Ang alin?"

"K-Kasi.. h-hindi na po talaga ako bully.. Tch! Wala na akong binubully dahil si Taguro na yung huli! Yung kanina.. n-nagkataon lang naman yon.. at saka, nag-aasaran kami.. napikon lang talaga sya.."

"That's why I'm asking you a favor.. I want you to stop.. Kahit na ano pang tawag dyan.. asaran, biruan o kung ano.. Ayaw ko ng ulitin mo yan, please?"

"O-Okay po.."

"You're not a boy anymore, Deib.. You're old enough for those stuff.. okay??"

"Y-Yes Mom.."

"Just focus on Maxi.. hihihihihi..."

Ang cool talaga ng Mommy ko hehehehehehehehehe!!!!

Hindi ako nakasagot at napangiti lang ako sa kanya..

"I can see that you're happy.. do you love her?"

Nagulat ako sa deretsong tanong na yon!

Pakiramdam ko ay namula ako..

Bading..

Hindi ko sya sinagot at pilit na ngiti na lang ang iginanti ko sa kanya.

"Oh.. is there a problem??" nag-aalalang tanong nya. **"Deib, is there a problem??"**

Hindi ko maiwasang hindi mapatingin ng deretso kay Mommy.

"Is there a problem?" mahinang tanong nya pa ulit at bakas talaga sa mga mata nya ang pag-aalala..

"She doesn't love me.." mahinang sagot ko at napahawak sya sa bibig nya at napasandal sa swivel chair. **"I'm not sure if she likes me too.. but I'm sure that she doesn't love me.. l-like I do.."**

"D-Deib.."

Ngumiti ako kay Mommy at saka muling sumubo.

"It's okay, Mom.."

"Do you want to talk about it??"

With you?

Nakaramdam ako ng hiya..

"I'm here to listen.." dagdag pa ni Mommy.

"A-Ahh h-hehehe.. i-its not actually a big deal, M-Mom.." nauutal pang sagot ko at ngumuso naman sya.

"Yeah right.. you can always talk to your Dad---"

"M-Mom.." pigil ko sa kanya nung umasta na naman syang kunwaring umiyak.

"Talaga naman e.. hindi ka na nagsasabi sakin.. lagi na lang sa Daddy mo.. E di ba?? Baby nga kita??" malungkot pa na sabi nya.

"N-Nahihiya kasi ako, Mommy.."

"Baby.. sige na.."

Huminga ako ng malalim at ilang beses pa akong tumingin ng deretso sa mga mata nya at saka nagsalita..

"H-Hindi pa kasi sya nakakamove on sa e-ex nya, Mom.."

"Awww.."

"The reason why she's like that.. dahil sa pinagdaanan nya.." dagdag ko pa. **"Maxpein.."** nangingiti pang usal ko. **"Pangalan nya pa lang daw.. may *'pain'* na.. hehehehehe.."** biro ko pa. **"She's very honest.. regarding her feelings.."** napatungo ako. **"Sinabi nya sakin lahat.."**

"L-Like???" tanong ni Mommy at kunwari naman akong nag-isip.

"Like how she feels toward me?" patanong na sagot ko. **"Hindi nya sinabing gusto nya ako pero hindi nya rin naman sinabing hindi.. Tch.."** nakangusong sabi ko habang nakatingin sa kawalan at saka ngumiti. **"Pero.. Hehehehehehehehehe.. hindi ko maintindihan kung bakit.. parang may nagsasabi sakin na hehehehehe kahit konting konti meron---"**

"Yiiiiieeeee!"

"M-Mom.."

"Okay continue.."

Napakamot ako sa ulo ko at saka ako nagtuloy sa pagkukwento..

"S-Sa Palawan.." napangiti ako. **"...andami dami nyang sinabi sakin hehehehehehehe..."**

"Yiiieeee... tulad ng ano!?"

At kinuwento ko kay Mommy LAHAT!!! Maliban sa kiss..

"Waaaaaaaaaaa!! Ang sweeeeeettttt!!!!" tili pa ni Mom.

"P-Pero bakit ganon??" biglang tanong nya at taka naman akong napatingin kay Mom.

"B-Bakit, Mom??" tanong ko at saka sumubo.

"Bakit parang... sya pa yung lalaki?!"

"Hihihihihihihihihihih di ba, baby?! Nakakatuwa lang hihihihi.. parang sya pa yung lalaki.." natatawang dagdag pa ni Mommy at natawa rin ako at saka inilapag yung fork ko.

"Something that makes her different.." nangingiting usal ko habang nakatingin sa kawalan. Saka ako tumingin kay Mommy. **"Sya lang yung babae'ng nakapagparamdam sakin nung mga bagay na ako dapat ang nagpaparamdam.."** nagpipigil pa rin ng ngiting dagdag ko at saka ako bumuntong-hininga. **"Imbes na ako ang magpakilig sa kanya.. hahahahahaha.. A-Ako pa palagi yung kinikilig Mommy.."**

Nakaramdam ako ng kaunting hiya sa sinabi ko dahil BADING ang dating pero gumaan ang pakiramdam ko..

"You're in love.." matamis ang ngiting sabi sakin ni Mommy.

"I really am... Mom.."

"I'm happy for you.."

"Do you like her, Mom??" nakangiting tanong ko at huminga naman sya ng malalim habang nakangiti.

"Honestly???" nakangiting tanong nya pa at saka ngumiti kaya tumango naman ako. **"Yes.. I like her.. But not because you like her.."** sagot nya at ngumiti ako. **"Kasi.. pinakita nya sakin yung tunay na sya.. Hindi ba yung tulad nung ibang girls na.. pasweet kasi kaharap ang parents ng isang guy.. Hindi sya tulad nung ibang babae na maarte kasi kaharap ang parents ng isang guy.. Like you.. I find her different.."** nakangiting sabi pa ulit ni Mommy. **"One thing that I liked about her is that.. she looks like she doesn't care.. but her eyes tells you that she does.."** dagdag nya at napailing naman ako. **"Wala syang manners... hihihihihi pero.. mararamdaman mong may respeto pa rin sya sayo.. Ang weird.."**

"Exactly hahahahahahahaha.." natatawang sang-ayon ko kay Mom. **"Minsan naiinis ako dahil napakabastos nyang sumagot.. Tch.. pero kapag naaalala ko.. ang cute cute hahahahahahaha!"**

"Yiiiiieeeee..."

Nakaramdam na naman ako ng hiya..

"Just continue what you're doing, baby.. Para sa girls kasi.. mas cute ang ganyan.."

"T-Talaga, Mom?"

"Mmm.."

"Tch.. parang sa kanya kasi hindi.." nakangusong sagot ko.

"Hihihihihihi kasi sa personality ni Maxi.. hindi sya showy.. Kaya naman ang nakikita mo sa kanya wala syang pakialam.. but trust me, baby.. Merong nararamdaman yon.."

"T-Talaga, Mom?!"

"Of course.." nakangiwi pang sagot ni Mommy at saka ngumiti. **"Kasi kaming mga babae.. minsan kahit hindi namin gusto yung guy.. kinikilig pa rin kami.. Isa sa dahilan kung bakit kami nafo-fall sa guy na yon.."**

"A-Ayaw ko namang magkagusto sya sakin dahil lang sa pagpapakilig ko, Mommy.."

"I'm not saying na ganon ang mangyayari.. I'm just explaining to you na.. ituloy mo lang yung ginagawa mo kasi paniguradong may effect rin yon sa kanya.." dagdag nya at napabuntong-hininga naman ako. **"For sure.. maganda ang magiging result nyan.."**

"E pano nga mangyayari yon, Mommy.. E sa twing makikita nya yung ex nya.. p-parang nababalewala ako.."

"Aww.. so you're saying na nagkikita pa sila?!"

Natigilan ako at saka naiilang na napatingin sa kanya.

"M-Minsan, Mom.." palusot ko at nalungkot naman sya. **"P-Pero syempre.. h-hindi naman ako magpapatalo don.."**

"Yiiieeee.."

"M-May girlfriend na ngayon yung ex nya kaya naman.. hehehehehehe c-confident ako k-kahit papano.."

"Ahh yeah.. Basta.. naniniwala akong may malaking pag-asa ka kay Maxi, baby.."

"I know, Mom.." nakangiting sagot ko at saka sya tumayo.

"O sige na.. magpahinga ka na ha??"

"Thanks for your time, Mom.."

"Thanks for your time, baby.."

Niyakap nya ako at saka isa-isang kinuha yung mga pinagkainan ko at saka ako hinalikan sa noo.

"Good night.."

"A-Ahh Mom??"

"Mmm.."

"P-Pwede bang pakikuha yung mga CD's sa kotse ko? H-Heheheheheheh.."

"Oh sure.."

"Thank you.. I love you.."

"I love you too, baby.." nakangiting sabi nya pa. **"Ibababa ko lang 'to then kukunin ko na for you.."**

"Thanks, Mom.."

"Anytime, baby.."

Nung makaalis si Mommy ay nakangiti pa rin ako kaya naman napatingin ako kay Tagsen.

"Kumusta na kaya ang isa pang Daddy mo??" tanong ko kunwari sa kanya at saka ako tumingin sa orasan.. **"Gising pa kaya sya??"**

9:30pm.. gising pa kaya yon???

Maya maya lang ay bumalik na si Mommy dala ang CD's ko.

"Here, baby.."

"Thanks Mom.."

"Do you want me to put it inside your player???"

"Yes, please Mom?"

"Okay.." nakangiting sabi nya pa at saka lumapit sa player at inilagay pareho ang CD dahil tatluhan ang player ko.

"P-Para kay Taguro lahat yan, Mommy e heheheehehe.."

"Why do you call her Taguro?? I don't like it.."

"S-Sanay na kasi ako, Mommy.."

"Oo nga pero.. baka ayaw nya non??"

Napapahiyang napayuko ako..

"Ikaw talaga.." nakangiwi pang sabi ni Mommy na lumapit sakin at ginulo ang buhok ko. **"Don't let a girl feel ugly.. okay!?"** pananakot pa ni Mommy at ngumuso naman ako.

"S-Sige, Mommy.."

"O sige na.. magrest ka na.. Matutulog na ako at may lakad pa kami bukas.."

"Sleep well, Mom.."

"You too.. don't stay up late, okay??"

"Yes Mom.."

"Goodnight.. I love you.." pahabol nya pa bago isara ang pinto ng kwarto ko..

Now Playing: That's When I'll Stop Loving You by N'SYNC

♫ ♪ ♪ 'I'm sure you've heard these words before.. And I know it's hard for you to trust them once more.. You're afraid it all might end.. And a

broken heart is scared of breaking again.. But you've gotta believe me.. I'll never leave you.. You'll never cry long as I am there.. And I will always be there.. You will never be without love.. When winter comes in summer.. When there's no more forever.. When lies become the truth.. Oh you know then baby.. That's when I'll stop lovin'.. That's when I'll stop loving you.. That's when I'll stop loving you yeah..' ♪ ♪ ♫

HIndi ko maiwasang hindi maisip si Taguro...

'Tulog na kaya sya??'

♫ ♪ ♪ ***'As long as sunlight lights the sky.. Light of love will be found in these eyes of mine (these eyes of mine).. And I will shine that light for you.. You're the only one, I'll ever give this heart to.. What I'm trying to say is, nothing will change this.. There'll be no time you won't find me there.. Cause I will always be there.. You will always have all my love.. When winter comes in summer.. When there's no more forever.. When lies become the truth.. Well you know then baby,.. That's when I'll stop lovin'.. That's when I'll stop loving you.. That's when I'll stop loving you.. And when this world doesn't turn anymore.. When the stars all decide to stop shining.. Til then I'm gonna to be by your side.. Gonna be loving you forever.. Every day of my life..'*** ♪ ♪ ♫

Kinuha ko ang cellphone ko at saka tinignan yon..

Three Messages Received

May text kaya sakin si Taguro?!

NAKAPIKIT KONG PININDOT YUNG *OPEN*!

At saka ko dahan dahang sinilip ng isang mata ko yung screen!

Tob.. Lee.. Ki---Kim!?

Tch.. bakit nagtetext pa sakin 'to!?

Inis akong in-open yung kay Tob.

Tob

Panalo yung labidabs mo, dre..
Hehehehe! May laro tayo bukas!
Pero kayang kaya na namin ni Lee yun!
Pagaling ka na ah!? Hehehehe!
Miss na kita hahahahahaha!
4:18pm

Sunod yung kay Lee.

Lee

Hey, are you okay? Hmmm.

How are you? Hope you're fine.
Maxpein and Naih won, maybe
because you're not around?
Hahahahaha! See you soon!
Get well.
4:49pm

At yung kay Kim.

d-.-b

Kimeniah

Deib, are you okay now?
I'm really worried. dTT_TTb
Please get well soon.
I miss you already.
4:59pm

Nakaramdam ako ng kaunting inis pero...

Naalala ko na naman si Taguro..

Itetext ko ba sya??

Sige hehehehehe..

Compose Message

Hoy Taguro..!!!!
Hindi naman sa naiisip kita pero..
Kumain ka na ba???????????
Kumain ka na..... (=
Message Sent!!!!

Paniguradong matutuwa sya hehehehehehehe kasi naalala ko sya!

Naghintay ako ng isang buong minuto..

Dalawang buong minuto na pala..

Tatlong bung minuto..

Apat na buong minuto..

Limang buong minuto..

Bakit hindi sya nagrereply!!!!!

Inis akong tumingin sa cellphone ko at eksaktong limang minuto nga mula nung magtext ako ay wala pa rin syang sagot!

"First time nya lang magkacellphone kasi mahirap sya.. baka hindi pa marunong magtext o kaya naman.. mabagal pa!?"

Dahil mahal kita sige.. hihintayin ko pa..

Pero..

Lumipas ang..

10..

9..

8..

7..

6..

5..

4..

3..

2..

1..

WALA PA RIN!

Bwisit talaga!

Kaya naman pahablot kong kinuha ang cellphone ko at saka ko tinawagan ang number nya!!!

KRIIIIINGGGGG!!!!! KRIIIIINGGGGG!!!!! KRIIIIINGGGGG!!!!! KRIIIIINGGGGG!!!!! KRIIIIINGGGGG!!!!! KRIIIIINGGGGG!!!!!

Hindi nya sinasagot!

Isa pa..

KRIIIIINGGGGG!!!!! KRIIIIINGGGGG!!!!! KRIIIIINGGGGG!!!!! KRIIIIINGGGGG!!!!! KRIII------

"Oh?" sagot nya.

"T-Taguro??" sagot ko.

"Oh??"

Boses lalaki talaga amp! Turn off!

"Bakit hindi ka nagrereply sa text ko!" inis na sigaw ko sa kanya!

"Wala ka namang sinabing magreply ako.."

WTF?

"A-Ano?!" inis na tanong ko.

"Tss.."

Ang utak naman talaga..

"Oh? Bakit napatawag ka?" tanong nya pa!

"Ang sweet mo talaga e no?!" inis na tanong ko.

"Bakit? Anong ginawa ko sayo?!"

"Tch! Wala kang kwenta!"

"Tss.. ano bang nangyayari na naman sayo?!"

"Badtrip ka!"

"Inaano ba kita?"

Naiinis ako pero dahil nananatiling malumanay ang pananalita nya ay pilit kong pinakalma ang sarili ko!

"H-Hinihintay ko kasi yung r-reply mo e.."

"Tss e hindi ko naman alam na kailangan ko pa lang magreply.."

"N-Nagtext ako sayo kaya automatic sasagotin mo!"

"Sige.. next time.."

Napapikit ako at saka huminga ng malalim..

Pagpasensyahan mo na.. ugali nya na yan e.. Inhale.. Exhale..

"K-Kumain ka na ba?!" tanong ko.

"Oo.. ikaw?"

"K-Katatapos ko lang.."

"Ako rin.."

"Balita ko.. nanalo kayo.. Congrats.."

"Mmm.. thanks.."

Badtrip naman 'to.. wala man lang bahid ng tuwa at kilig kasi tinawagan ko sya!

"A-Anong ginagawa mo??" tanong ko na lang.

"Nag-iisip.."

"Nang ano naman?"

"Marami.."

"Tulad ng??"

"Hindi mo na kailangang malaman.."

"Ayaw mo ba akong kausap?!" inis na tanong ko.

"Hindi naman.."

"E bakit ganyan ka sumagot?!"

"Tss.. hanep ah!? Tatawag tawag ka tapos----"

"Ikaw na nga tinawagan parang ayaw mo pa!" inis na pigil ko sa sinasabi nya.

"Sinabi ko bang tumawag ka?!"

"E-Eh hindi ka nagrereply e!"

"Wala rin naman akong sinabing magtext ka.."

Badtrip talaga 'to!

"Ang sama talaga ng ugali mo!"

"Pwede ba?!" halatang inis na tanong nya. **"Kung isusumbat mo rin lang sakin ang pagtetext at tawag mo.. wag mo ng gawin! Ikaw na nga**

'tong nang-aabala.. naninigaw ka pa!"

Grabe naman magsalita 'to! OA! Tch!

"Sige na! Hindi na kita guguluhin! Bye!" inis na sabi ko at saka binabaan sya ng cellphone!

Inis akong napakamot sa ulo at napailing!

Badtrip! Napahiya ako don ah!

Yung ibang babae.. matutuwa kapag tinawagan sila.. Sya hindi!

Yung ibang babae.. magrereply agad kapag tinext mo.. Sya hindi!

Badtrip.. kakaiba talaga ang babae'ng yon!

Gusto ko pa naman syang makausap..

Inis akong natulog na lang ulit!!!!

♥ K ♥ I ♥ N ♥ A ♥ B ♥ U ♥ K ♥ A ♥ S ♥ A ♥ N ♥

Pagkagising ko ay agad kong kinuha ang cellphone ko para tignan!

Sa dami ng nagtext ay wala man lang maski isang kay Taguro!

Inis akong ibinato ang cellphone ko at natulog ulit!

Mabilis na lumipas ang araw at nagpaulit-ulit ang tatlong araw na nasa bahay ako..

Gising sa umaga! Maliligo.. Breakfast in bed.. Manonood ng TV.. Magsasoundtrip.. Manonood ng TV.. Lunch in bed.. Manonood ng TV.. Maliligo.. Magsasoundtrip.. Manonood ng TV.. Dinner in bed! Manood ng TV.. Magsasoundtrip.. Maliligo.. Matutulog! Paulit ulit!

Tuesday..

~Tob Calling. . . ~

"Oh?! Anong balita?!" tanong ko pagkasagot.

"Panalo hehehehe.."

"Nice.. Sila Taguro?!"

"Panalo rin.. isa lang laban nila ngayon.. ang bilis nga e.."

"Talaga?? Kumusta naman sya?? Nakikita mo ba silang nagkakausap ni Gonza??"

"Hindi.. kasama ko parati si Max e.."

"Good.. thank you.."

"Makakaasa ka, dre.."

Wednesday..

~Lee Calling. . . ~

"Hey.." sagot ko.

"How are you?"

"I'm okay.. kumusta laro??"

"Okay naman.. nanalo tayo.. Meron pa mamaya e.."
"Galingan nyo ah?!"
"Of course.."
"How's M-Maxpein?"
"Mmm.. tahimik pa rin hahahaha.."
"Nakikita mo ba silang nag-uusap ni Gonza?"
"Nope.. parati kaming magkasama.."
"Good hehehehehe.."
"Jelous guy.."
"H-Hindi ah! N-Nag-alala lang ako kasi alam mo na---"
"Yeah right.."
"Tch!"
"Sige na.. I'll call you later.."
"Sige.. Thanks.."

Thursday..

Gabi na pero wala pa ring tawag si Lee o si Tob..

Bakit kaya hindi sila tumatawag??

Napabuntong-hininga ako at...

'Ako na nga lang ang tatawag hehehehe..'

Idinial ko ang number ni Tob..

"H-Hello??" sagot nya.

"Bakit hindi ka ata tumawag ngayon???"
"A-Ahh b-busy lang.."
"Busy?? San?!"
"S-Sa... b-basta.."
"Eh??"
"T-Tatawagan na lang kita bukas.. Bye.."

Weird..

Taka akong napatin sa cellphone ko at saka napailing.. Kasalukuyan pa rin akong nakahiga sa kama ko nung biglag pumasok si Noona sa kwarto ko..

"Wooohhh.. sa wakas dumating ka rin.." naiusal ko at tinaasan naman nya agad ako ng kilay kaya nginitian ko sya. **"Are you going to check my foot?"** tataas taas pa ang kilay na tanong ko.

"Patingin nga!"
"Okay na ako Noona.." nakangiting sabi ko.

"Ako ang magsasabi kung okay na o hindi!"

"Okay na yan hehehehehe.."

Ang totoo ay gusto ko ng sabihin nyang okay na ako para makapasok na ako bukas! Tiniis kong hindi itext o tawagan si Taguro dahil naiinis ako sa sinabi nya nung tumawag ako!

Tch.. walang utang na loob.. Bwisit..

"Okay na nga ano??"

Napatingin ako sa paa ko! Hindi na nangingitim at bumalik na sa dati ang porma nito!

"Yeeeesss!!!!" malakas na sigaw ko hahahaha!!!!

"Yes yes ka dyan! Sige! Magyabang ka agad bukas para magkaganyan ka ulit!"

"Hehehehehe promise hindi na! I'll be a good guy!"

"Tse!" sigaw nya at saka nilayasan ako!

Kaya naman nakangiti akong nahiga na ng ayos sa kama ko ng hindi na nakataas ang paa ko! Bahagya ko pa yung isinipa sipa sa ere at saka natulog..

♥ *K* ♥ *I* ♥ *N* ♥ *A* ♥ *B* ♥ *U* ♥ *K* ♥ *A* ♥ *S* ♥ *A* ♥ *N* ♥

Bago ko tuluyang i-start ang kotse ko papasok ay tinawagan ko muna si Tob..

"Hello??" sagot nya.

"Tob! Hehehehehe! Anong oras ang game natin!?" excited na tanong ko.

"Alas dies.. bakit?!"

"Papasok na ako.. hehehehe---"

"H-Ha?!"

"Papasok na kako ako hehehe.. magaling na ako.."

"Ngayon!?"

"Malamang! Hehehehe.."

"B-Bakit?!"

"Anong bakit?!" inis na tanong ko.

"H-Hindi mo naman kailangang magmadali, dre.. p-pahinga ka pa.."

"Tch! Okay na okay na ako! Si Noona na mismo ang nagsabing okay na ako.. Pwede na akong maglaro dre.. don't worry about me.. hehehehe! Sige na.. kita na lang sa school."

"S-Sige.." sabi nya at saka ko ibinaba ang cellphone.

Saglit pa akong napatingin sa cellphone ko at napailing..

Anong nangyari don?! Ang weird..

Gayunpaman ay nakangiti akong nagmaneho papasok! Hehehehehe! At pagdating ko sa Parking Lot ay mabilis kong chineck kung nandoon na ang motor nila Taguro at halos mapatalon pa ako sa tuwa nung makita kong nandon na nga!!!

Hehehehehehe I'm more than excited to see you.. Maxpein.. hehehehehe..

Nakangiti naman akong naglakad papasok ng school.

"OMG he's back??"

"Oh.. girls look.. it's Deib.."

"He's so hot.."

"Ang gwapo nya.."

"Magustohan nya pa kaya si Taguro?!"

"Oo nga.."

"Nako.. I'm sure.. titigilan nya na rin si Taguro.."

Napahinto ako sa paglalakad at takang napalingon don sa mga babae. Gulat naman silang napatingin sakin at saka isa-isang nagsipag-alisan. Hindi ko naman sila pinansin at nagtuloy ako sa paglalakad.

~BRIIIZZKK! BRIZZZZKKK!~

Kinuha ko ang cellphone ko nung magvibrate yun!

~Lee Calling. . . ~

"Oh??" sagot ko.

"Where are you??!"

"Nasa school.. bakit?"

"Agad??!"

"OO.. bakit!?"

"Where exactly!?"

"Papunta sa room natin.. teka.. bakit ba?! Ang weird nyo ni Tob ngayon ah!" kabado talagang sabi ko pa! Kakaiba kasi talaga si Tob kanina pero hindi ko na lang pinansin! Pero dahil ang weird rin ng dating ni Lee ay hindi ko na maiwasang magtaka talaga!

"D-Dumeretso ka na lang sa room at wag ka na munang lumabas okay!?"

"Bakit ba?!"

"Just do what I said.."

"Tsk.. Lee.. ano ba 'to!?"

"Hintayin mo kami dyan!" sabi nya at saka binaba!

Kinakain ako ng kaba ko pero pinili kong sundin ang sinabi nya.. Nagtuloy ako sa paglalakad at saka dumeretso sa room.. Nagkita naman agad kami ni Chris..

"Hey! You're back!" si Chris.

"Hahahaha ano pa nga ba?!" mayabang na sabi ko na ipinakita pa ang kabuuan ko!

"Nice nice.. hindi ka namin inaasahan ngayon ah?! May laro tayo mamaya.. Paniguradong magugulat ang kalaban nyan hehehehe.."

"Sus.. e kayang kaya nyo naman kahit wala ako hahahaha! Sinong kalaban mamaya?!"

"SIS.. hehehehe.. malalakas yun kaya buti na lang dumating ka na.. okay na ba paa mo!?"

"Okay na hehehehe.." sabi ko at saka lumapit sa locker ko at hinubad ang shirt ko para isuot ang jersey ko.

"Ang daming nangyari nung wala ka ah.."

Taka akong nilingon sya.

"Ano yun??" tanong ko.

"Mmm.. paniguradong alam mo naman na yun.."

"A-Ang alin??" tanong ko. Ramdam kong bumilis ang tibok ng puso ko pero hindi ko yun pinansin..

"Yung kay Taguro.."

Mas kinabahan ako nung banggitin nya ang pangalan ni Taguro!

"A-Ano si Taguro??"

"Binubully na naman sya.." sabi ni Chris at saka tumayo kaya naman mabilis akong lumapit sa kanya at iniharap sya sakin na bahagya nya pang ikinagulat!

"Anong ibig mong sabihin!?" tanong ko at mas nagulat sya! Sandali syang natigilan at saka muling tumingin ng deretso saki!

"H-Hindi mo ba alam???" gulat lalong tanong nya at nung hindi sya makarinig ng sagot mula sakin ay nagtuloy sya sa pagsasalita.. **"B-Binubully na naman sya.. lalo na ng mga taga-BIS.. N-Nalaman kasi ng buong BIS na h-hindi sya tunay na anak ng mga Moon.."**

"W-What?!" gulat na tanong ko.

"Mmm.. kahapon ay nagkasagutan sila ni Gonza.. Isinigaw ni Gonza na hindi sya tunay na anak ng mga Moon.. kaya ayun.. yung mga babae'ng dating naging mabait sa kanya nung malamang Moon sya e.. bumalik sa pagiging demonyo.. Tsk.. Okay lang sana kung away babae

e.. Kaso.. yung ibang lalaki.. parang mga bading! Nakikisali! Alam mo bang hinampas sya ng raketa ng badminton nina Choco at Aimee sa likod?! Tapos si Abby naman ay sinipa sya kaya yung mukha nya may bangas! Kawawang Taguro.. Kanina nga lang pagpasok ko.. nakita ko sya don sa Canteen.. hindi na naman makaalis don sa mga babaeng nambubully sa kanya.."

Natigilan ako sa sinabi ni Chris..

Bumagsak ang dalawang balikat ko at naging mabagal ang tibok ng puso ko.. Pero bawat tibok ay nagpapabigat sa dibdib ko! Ayon na naman yung dahan dahang pagpisil sa dibdib ko at parang wala sa sariling lumabas ako ng room na yon!

"D-Deib!" habol pa sakin ni Chris pero hindi ko sya pinansin! Mabilis akong naglakad papunta sa Canteen pero malayo pa lang ako..

Tanaw na tanaw ko na ang kumpulan ng mga babae at lalaki sa iba't ibang uniform!

"Hahahahaha yan ang bagay sayooo!!! Feeling mo kasi mayaman ka! Masyado mong pinanindigan ang pagiging Moon mo para masindak kami sayo?! Hahahahahahaha!!!!"

"Basura ka Taguro! Hindi ako nagkamaling basura ka nga!!!"

~BLAAAAAAAAAAAG!!~

Taguro!

Hindi ko napigilan ang sarili kong magmadaling lumapit doon at isa-isang itulak ang mga taong nakaharang sa dadaanan ko! Pero masyado silang marami at karamihan ng school uniforms na nakikita ko at BIS at LU! Hindi ako makasingit sa gitna!!!!

"Tabeeeeeeeeeeeeeeeeeee!!!!!!!!!!" malakas na sigaw ko dahilan para lingunin nilang lahat ako! **"Magsilayas kayo sa harapan ko... ngayooooooonnnn naaaaaaaaaaaaaaa!!!!!"** malakas na sigaw ko pa!

"Si Deib!"

"Nako.. tara na.."

"Bakit naman?"

"Wag ka na magtanong.. tara na.." bulungan pa nung ibang nasa bandang harapan ko pero hindi ko man lang sila nagawang tignan dahil natuon ang paningin ko kay Taguro..

Ang kaninang mabilis na tibok ng puso ko ay dahan dahang bumagal nung makita ko si Taguro'ng nakaupo lang sa isang upuan at bahagyang

nakatungo.. Mabilis kong itinulak yung mga nasa unahan ko pa at saka ako lumapit sa kanya..

"T-Taguro.." usal ko pero hindi nya ako tinignan kaya naman hinawakan ko ang baba nya at saka itiningala ang paningin nya sakin.

May pasa ang mukha nya! Napaupo ako sa harap nya at pilit na iniharap sakin ang mukha nya!

"A-Anong nangyari sayo?!" tanong ko at mabilis nya namang inialis ang mukha nya sa mga kamay ko pero mabilis kong hinawakan pa rin yung sa dalawang kamay ko! **"Ano sabing nangyari sayo! Sinong gumawa nyan!"** sigaw ko.

"Ano bang ginagawa mo dito?"

"A-Anong---Tsk! Ikaw! Ikaw ang inaalala ko! Anong nangyari sayo!?"

"Wala 'to---"

"Taguro!" sigaw ko at tumingin sya ng deretso sa mga mata ko. Nakaramdam ako ng panlulumo nung makita ko ang pamumuo ng luha sa mga mata nya. **"Taguro.."** usal ko pa. **"Sinong gumawa sayo nito??"** tanong ko pero yumuko lang sya. **"Sabihin mo sakin.. Taguro.."** pakiusap ko pero nanatili syang nakatungo at mula sa pagkakatungo nya ay kitang kita ko ang pagtulo ng luha sa mga kamay ko dahilan para magitla ako at mapatingin agad sa kanya.. Dahan dahan akong naupo sa upuuang nandoon at saka ko sya niyakap..

Ang bilis bilis ng tibok ng puso ko at gulong gulo ang isip ko! Umaakyat ang gali sa utak ko at kung anu-anong naiisip ko! Isa isa kong inalala ang sinabi ni Chris at ang mga iniasta nila Tob at Lee..

Dahan dahan akong umalis sa pagkakayakap ko sa kanya at saka hinawakan ang magkabilang pisngi nya.. Nung magtama ang paningin namin ay pinunasan ko ng dalawang kamay ko ang luha nya.. Saglit ko pa syang tinignan at saka ako tumayo ay bahagya syang hinila..

"Let's go.." yaya ko sa kanya at tumingin naman muna sya sa mga mata ko bago sya tuluyang tumayo at sumama sakin..

Naglalakad kami papalapit sa Quadrangle. Pero natigilan sya nung magderederetso ako..

"S-San ba punta mo?" mahinang tanong nya pero hindi ko sya sinagot dahil mula sa kinatatayuan ko ay tanaw na tanaw ko si Choco. **"S-Sensui.."** tawag nya pa sakin pero hindi ko sya sinagot. Hinila ko lang sya at kusa na syang natigilan nung makita nyang papalapit kami kay Choco. **"A-Ano**

bang ginagawa mo?" tanong nya pa pero hindi ko pa rin sya sinagot at nanatili kay Choco ang paningin ko.

"Deib.." nakangiting salubong pa sakin ni Choco at saka tumingin kay Taguro at saka ngumiso.. **"Aaahh.. buhay ka pa?! Hahahaha sana pala mas sinapak kita ng malakas-----!!!!"**

~PAAAAAAAAAAAAAAAAAAAKKK!!!!!!~

SINAPAK KO SYA!!!

Gulat syang napatingin sakin habang nakahawak sa pisngi nyang sinapak ko! Naglayuan samin yung mga kasama nya at nagkumpulan ang mga tao sa paligid namin!

"D-Deib.." tawag sakin ni Taguro pero hindi ko sya sinagot! Mabilis na tumayo si Choco at saka inalog alog pa ang ulo nya na animong boksingero at saka lumapit sakin!

"Matapang ka ah.." mayabang pang usal ni Choco at..

~PAAAAAAAAAAAAAAAAAAAKKK!!!!!!~

SINAPAK KO ULIT SYA!

"Gago ka ah-----!!!!!"

~PAAAAAAAAAAAAAAAAAAAKKK!!!!!!~

SINAPAK KO NA NAMAN SYA!

"Deib!" si Taguro!

Pero hindi ko na hinayaang makatayo pa si Choco dahil ako na mismo ang lumapit sa kanya at hinawakan sya magkabilang kwelyo!!!!

"Sa susunod na galawin mo si Taguro.. pasasabugin ko yang bungo mo! Naiintindihan mo!?" nanggigigil na tanong ko!

"Gago---!!!!HUUUUUUKKK!!!!" hindi nya natapos ang sasabihin nya nung sipain ko ang mukha nya! Kitang kita ko kung paanong tumalsik ang dugo mula sa bunganga nya!

"Wag mo kong susubukan Choco.." banta ko pa at saka hinila si Taguro at naglakad palayo!

Dinig ko pa ang tilian sa takot nung mga babae pero hindi ko na sila pinansin at mabilis na dinala si Taguro sa loob ng room namin! Pagpasok ko ay nandoon na sila Lee at Tob, team namin at ganon na rin sila Michiko, BJ, Migz at Parrot pero ni isa sa kanila ay hindi ko pinansin!

"M-Max.. Oh my God what happened to you?!" si Michiko.

"We've been looking for you.." si Yaz.

"M-Max.. ayos ka lang ba??? Sinong gumawa nyan sayo?!" nag-aalalang tanong ni Naih. Hindi ko sila pinansin o nagawang lingunin! Pilit

kong iniupo si Taguro sa mesa at saka ako mabilis na kumuha ng towel sa bag ko at binasa ng tubig yun mula sa gripo at saka ako nagsimulang punasan yung mukha nya..

OceanofPDF.com

CHAPTER 119 : INTERHIGH

MAX'S POV

Nananatili si Sensui sa harap ko habang kusa naman ang mga mata kong tinititigan sya..

Napabuntong-hininga ako nung makita ko ang bakas ng matinding pag-aalala sa mukha nya..

Parang huminto ang paggalaw ko ng mundo..

Bakit ba hindi ko man lang magawang pahalagahan yung mga bagay na ginagawa nya sakin??

Bakit hindi ko pa rin masuklian yung nararamdaman nya para sakin??

Kitang kita ko kanina ang galit sa mga mata nya at hindi ko inaasahang gagawin nya yon kay Choco. Masyadong mabilis ang pangyayari at sa isang iglap.. Ibang Deib Enrile ang nakita ko..

Nagagalit ba sya dahil sa ginawa nila Choco sakin??

Ano kayang mararamdaman nya kung sasabihin kong.. wala syang pinagkaiba sa kanila?

Napabuntong-hininga ulit ako at saka tumingin sa kanya.

"Ano ba kasing nangyari?? Sabihin mo sakin??" malumanay na tanong nya at tumingin lang ako ng deretso sa kanya. **"Sino man sa kanila ay walang karapatang saktan ka.."** mahinang dagdag nya pa at saka bahagyang lumunok.

Tama ka.. sino man sa inyo ay walang karapatang gawin sakin 'to..

"Taguro.. sabihin mo sakin.. anong nangyari??" dagdag nya pa.

"K-Kahapon kasi.." biglang sabat ni Naih dahilan para lingunin sya ni Sensui. **"..b-bigla na lang lumapit si Gonza sa kanya at kung anu-anong p-pinagsasasabi.."**

"Bakit hindi nyo man lang sinabi saken!!!!"

Gulat kaming napatingin lahat kay Sensui at makikita mo talaga ang galit sa mga mata nya! Isa-isang tinignan nya sina Naih, Michiko, BJ, Migz, Lee, Tob at yung iba pa nilang kasamahan!

Hindi naman ako kumibo at bahagya na lang akong napatungo.

"Nakita nyo na palang binubully sya---bakit wala man lang kayong ginawa?!" galit na dagdag nya pa!

"D-Deib easy.." si Tob.

"E-Easy?! Tignan mo nga si Maxpein!? Tapos e-easy!? What the heeellll, Tob?!" inis na tanong nya kay Tob.

"E bakit pati samin nagagalit ka?!" inis ring sigaw sa kanya ni Tob!

"Dahil wala man lang kayong ginawa! Hindi ba't sinabi ko sayong bantayan mo sya?!"

"Naglalaro ako! Mababantayan ko ba sya habang naglalaro ako!?"

"Tch! Badtrip!"

"Hindi nila alam kung anong nangyari.." biglang singit ko at napatingin naman sakin si Sensui munit nananatiling salubong ang kilay nya. Huminga muna ako ng malalim at saka uli nagsalita. **"Sa Canteen kami nagpang-abot ni Gonza.. tinulak tulak nya ako at hindi ko naman sya pinatulan.. Maraming nakapansin samin kaya naman pinalibutan agad kami ng mga tao'ng nandoo---"**

"Bakit wala man lang ngang tumulong sayo!? Nasan sila!? Ang mga kaibigan mo!?" inis na tanong nya at sinulyapan ko naman sila Naih.

"Kumalma ka nga.." mahinang sambit ko at inis naman syang iniiwas sakin ang paningin nya. **"Iniwan ko sila sa Gym dahil nga nanonood sila ng laban nyo.. pumunta ako sa Canteen para bumili ng inumin ko.. at ayon na nga ang nangyari.. Hindi ko naman inaasahang mangyayari yun dahil nabigla rin ako kay Gonza.."**

"Anong ginawa ni Gonza sayo!?" galit paring tanong nya.

"Wala syang ginawa sakin.. bukod sa panunulak e panay pagbububunganga lang ang ginawa nya.. Sila Choco at yung mga maarteng kasama nya ang kung anu-anong pinaggagagawa sakin.."

"Sila Aimee at Abby!?" tanong nya at tumango naman ako. **"A-Ano bang problema ni Gonza?! Bakit ginanon ka nya?!"**

"Nalaman nya yung tungkol sakin.."

"A-Anong tungkol s-sayo??"

"Na hindi ako tunay na Moon.." sagot ko at nagulat sya.. Bukod sa kanya ay nagulat ang iba pang mga kasamahan nya.

"W-We can talk in private if you w-want to.." biglang mahinang usal ni Sensui pero bahagyang nginitian ko lang sya.

"It's okay.. alam na rin naman nila.." pilit ang ngiting sagot ko. **"And besides.. hindi ko naman kinakahiya yun kung malaman ng lahat..**

Hindi ko lng talaga ugaling magkwento ng tungkol sa buhay ko ng kusa.." huminga ulit ako ng malalim at saka nagtulog sa pagsaslita. **"Lumapit sakin si Gonza kahapon at walang tigil na pinagtututulak ako habang nagbubunganga sa pagmumukha ko.. Alam na daw nya kung bakit hindi ko masabi'ng Moon ako---dahil hindi naman daw pala ako tunay na myembro ng pamilya'ng Moon.."** ngumisi ako habang nakatingin sa kawalan. **"Ang tanga nya lang dahil---magtatanong tanong rin lang sya, hindi nya man lang kinumpleto ang detalye nya.. Tss.."** saka ako tumingin sa lahat ng nandon at bahagyang ngumiti. **"Anak ako sa labas ng Daddy ko.. half-siblings lang ako nila Maxrill at Maxwell.. Hindi ako anak ni Maze.. Si Maze ang Nanay nila Maxwell at Maxrill at ako lang naiibang Nanay.."** nakangiting dagdag ko at bumakas sa mga mukha nila ang pagkabigla bukod kay Naih. **"Hindi ko kilala ang Nanay ko.. tulad ng sinabi ni Gonza.."**

"I-Ibig mong sabihin.. tama si Gonza?!" tanong ni Migz.

"Mali sya.." sagot ko habang nakatingin ng deretso sa kanya. At saka ko muling inalala ang nangyari kahapon..

~FLASHBACK~

"Maxpein!"

Napahinto ako sa paglalakad papunta sa Canteen nung marinig ko ang isang pamilyar na boses.. Dahan dahan ko naman syang nilingon..

SI GONZA.

"Oh?" sagot ko.

Hindi naman agad sya sumagot at bahagya na muna syang lumapit sakin. Pinagpag ang balikat ko at saka ngumiti ng nakakaloko sa akin.

"Kilala na kita.." nakangising dagdag nya. **"Kilalang kilala na kita.."**

"Oh e ano namang maitutulong nun sa pagkatao mo?" nakangisi ring sagot ko at ramdam kong nainis sya! Tinulak nya ako!

Gulat akong tinignan sya pero bakas sa mukha nya ang galit!

Anong nangyayari dito!?

"OMG.. what are they doing?!"

"Are they arguing?!"

"Do they know each other?"

"What the heck!? E di ba may gusto yang si Gonza kay Maxpein?!"

"Oo nga.."

"Ano nang nangyari!?"

"Oo nga.. mukhang nag-aaway sila e.."

Dinig na dinig ko pa ang bulungan nung mga students sa paligid ko kaya naman bumuntong-hininga ako at bahagyang inayos ang sarili ko.

"A-Ano bang nanagyayari sayo? Bakit ka nagkakaganyan?!" inis na tanong ko sa mahinang paraan.

"Galit ako sayo.. Sa inyo! Sa buong pamilya mo!"

"Tss.."

"Ang kaso.. hindi ka naman pala Moon!"

TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!

Bumilis ang tibok ng puso ko at lalong umugong ang bulungan sa paligid ko..

"Did you hear that!?"

"Hindi daw sya Moon!"

"OMG! This is unbelievable!"

"Kung ganon.. sino sya?!"

"Pano nalaman ni Gonza?!"

"Oh e ano naman kung hindi Moon ang idol namin!?"

"Stupid! That means she tricked us!"

"She deceived us.."

"OMG.."

Inis akong tumingin kay Gonza.

"Saan mo naman yan nakuha!?" inis na tanong ko.

"Wag mo ng alamin kung kanino.."

"Tss.. at nakakasiguro ka namang tama ang nalaman mo?"

"Siguro.. dahil matagal ka na nilang kilala!"

Napaisip ako sa sinabi nya at sa tingin ko ay hindi ako nagkakamali sa naiisip ko..

Sila Mallyu at Yago.. Tss..

"Oh e ano naman ngayon sayo kung hindi ako Moon?!" tanong ko. Hindi sya nakasagot. Tinignan ko sya ng masama at pilit kong binabasa ang reaksyon nya sa mukha. **"Sino ka ba sa akala mo para ganituhin ako?? May ginawa ba ako sayo?!"**

"Dahil pinaikot mo ko!"

"Pinaikot?! Anong pinaikot ang sinasabi mo dyan!?"

"Dahil hindi mo sinabi saking may kuneksyon ka sa mga Moon!"

"Tss.. nag-iisip ka ba?! Sa tingin mo ba ay magkukusa akong sabihin sayo!? Anong gusto mong gawin ko?? Ang lumapit sayo at sabihing *'Hoy, Moon ako!'* Wow.. Kung hindi mo kilala ang mga Moon baka

isipin mo pang baliw ako dahil buwan ang tinutukoy ko.. Anong malay ko kung bakit ganyan ang takbo ng isip mo!? Bakit kasi hindi mo na lang muna ugaliing magtanong bago ka magwala gaya nyang ginagawa mo!" hindi ko napigilan ang sarili kong sumigaw!

"OMG.. they're really arguing.."

"What happened?!"

"They're arguing.. and guess what?!"

"What!?"

"Hindi tunay na Moon si Taguro!"

"What?!"

"Shes adopted!"

"What!? Oh my gawwdd.."

WTF???

Inis akong nilingon yung mga nasa tagiliran ko at tinaasan lang nila ako ng kilay!

Ang mga nag-aartihang estudyante ng BIS!

Imbentor ang king ina..

"Kaya naman pala ang datingan mo ay hindi tulad ng datingan nila?! Kasi hindi ka naman pala nakikitira sa bahay nila?! At.. pinalayas ka pa?! Hahahahahahahah! Tang*nang buhay yan.. BORING!" sarkastikong sigaw pa ni Gonza! **"Balita ko rin ay.. dati kang binubully sa school na 'to?! Kung anu-anong klase ng pambubully ang inabot mo pagkalipat mo dito at hindi mahihinto yun kung hindi nila malalamang isa kang Moon!? Hahahahahaha!"**

"Kanino mo naman nalaman yan?" tanong ko pero tumawa lang sya!

"Hahahahahaha! Siguro sawang sawa ka na sa mga pinaggagagawa nila sayo kaya naman sinakyan mo na lang ang mga Moon!? Sinabi mo na lang na Moon ka rin para tigilan ka na ng mga nambubully sayo!"

"OMG! She's a social climber!"

"A deceiver!"

"A scumbag!"

"A wanker!"

"Ambitious!"

You're all zero..

"Naririnig mo ba yun??" natatawa pa kunwaring tanong sakin ni Gonza. **"Hindi lang yang ang maririnig mo dahil ultimong yung mga mismong bully na nakaaway mo ay nakakwentuhan ko**

hahahahahahaha!! Abang abang ka lang dahil.. parating na sila para----"

"Ano bang meron sa mga Moon at nagkakaganyan ka??" seryosong tanong ko at natigilan sya. Hindi sya nakapagsalita at gumagalaw ang mga bagang na tumitig sya sa mga mata ko. **"Kasi kung hindi ako nagkakamali.. simula pagkabata ko ay wala akong nakitang ganyang pagmumukha.. hindi kita kilala.. Ano bang atraso ng mga Moon sayo para magkaganyan ka??"**

Hindi pa rin sya nakasagot..

Napangisi ako ng nakakaloko dahil gusto kong pigilan ang inis at namumuong galit sa ulo ko..

"Kung gaganituhin mo ko dahil lang galit ka sa mga Moon.. sinasabi ko sayo, nagsasayang ka lang ng oras mo.." ngingisi ngising sabi ko sa kanya at hindi nya pa rin ako nasagot.

~BLAAAAAAAAAAG!!!!~

****UHMP!****

May malakas na humampas sa likod ko!

Munit ano mang lakas nun ay hindi ako natumba!

Dahan dahan akong nilingon sya..

"C-Choco.." hindi makapaniwalang usal ko.

"Siraulo ka.." nagngangalit ang mga bagang na usal nya na akmang susugurin ako pero umatras ako. **"Tinigilan kita dahil buong akala ko ay anak ka talaga ng mga Moon tapos hindi naman pala!!!!"**

UMILAG ako sa badyang pagpalo na naman nya!

"Kapag ako tinamaan ulit nyan.. alam mo na kung anong mangyayari sayo.." kabado munit hindi nagpahalatang sagot ko na dinuro pa sya sa mga mata!

"Sinong tinakot mo!? Wala ng matatakot ngayon sayo dito!!!" sigaw sakin ni Choco.

"Hindi kita tinatakot Choc----A-Aaaahhh!!" biglang sigaw ko!

~BLAAAAAAAAGG!!!!~

Bumalatay ang sakit sa likod ko nung may muling pumalo!!!

This time, hindi ko napigilan ang matumba!!!

Mabilis kong nilingon ang likuran ko at nakita ko si AIMEE!!!

Gago ka..

Mabilis rin akong tumayo at hinarap sya!

"Ngayon natin tignan kung anong magagawa mo.." mayabang na sabi ni Aimee sa mismong mukha ko!

"Maxpein.."

~BLAAAAAAAAAAAAAGGG!!!!~

Natumba ako sa biglaan at malakas na sipa'ng yun sa mukha ko paglingon ko!!!

Bahagya ko pang inalog alog ang ulo ko dahil sa hilo!

Pinunasan ko ang labi ko at bukod sa dumi ay dugo ang nakita ko..

Gusto kong magalit pero masyado silang marami at isa pa.. lugi sila..

LUGI talaga SILA kapag nagkataon..

Tatayo na sana ako nung biglang lumapit sakin si Abby at tapakan ako sa tyan..

"Masakit ba??" kunwaring nag-aalalang tanong ni Abby.

Kung ganon ikaw ang sumipa sakin??

Napapikit ako nung biglang sabunutan nya ang buhok ko at mahigpit ang pagkakahawak na iniharap nya ang mukha ko sa kanya!

"Hindi lang yan ang aabutin mo, naiintindihan mo?!" mayabang na sigaw ni Abby sa mukha ko! **"Hindi lang yan, Taguro.. hindi lang yan.."** banta nya at saka pabatong binitiwan ang ulo ko! **"Let's go.."** yaya nya kina Choco at Aimee at saka sila umapir kay Gonza. **"See you around.."**

"Sige.." nakangiting sagot ni Gonza sa kanya at saka tumingin sakin. **"Kung nagpakatotoo ka lang sana.. hindi mo aabutin yan.."** nakangiti munit seryosong usal nya. **"Wag mo kasing daanin lahat sa yabang dahil hindi lahat ng tao ay masasakyan yang personalidad mo! Maangas masyado ang dating mo Taguro at nakakainis ang paraan mo ng pakikipag-usap sa tao!"**

"Hindi ko babaguhin ang personalidad ko para sa inyo.. Bakit hindi kayo ang mag-adjust para sakin? Tutal.. nag-iisa ako at marami kayo??" nakangisi pa ring sabi ko.

"Ha! Mayabang ka pa rin talaga e no??"

"Mmm.. isa yan sa talento ko e.."

Tumayo ako at pinagpag ang damit ko..

"S-Saan ka pupunta?! Nag-uusap pa tayo!" sigaw ni Gonza nung umasta akong tatalikuran sya!

Dahan dahan akong lumapit sa kanya at tinignan sya ng masama sa mata!

"Gawin mo lahat ng gusto mo.. pero hinding hindi kita papatulan.." madiing sabi ko at saka tinalikuran sya at umalis.

~END OF FLASHBACK~

"Whaaat????" gulat at galit na tanong ni Sensui matapos kong ikwento kasabay ng pagbabalik alaaala ko ang nangyari kahapon! **"Bakit ganon ang sinabi mo!? A-Ano kamo!? H-Hindi mo sya papatulan?! Bakit?! Taguro naman.. Kung ako ang tatanungin, kayang kaya mong patulan yung mga yon! Pero bakit hindi mo ginawa?! Tignan mo kung anong nangyari sayo!"** sigaw nya na may bahid talaga ng pag-aalala.

"Ano namang mapapala ko kung papatulan ko sila?" pormal na tanong ko at inis naman syang hindi makapaniwalang tumingin sakin!

"A-Ano!?" inis na tanong nya! **"O sige sige.. sabihin na nating wala kang mapapala kung papatulan mo sila.. Pero Maxpein naman.. Yan! Yan ang mangyayari sayo kapag hindi mo sila pinatulan!"** sigaw nya pa habang nakaturo sa mga pasa sa mukha ko! **"Isang beses ka lang sinipa ni Abby at sa likod ka hinampas ni Choco at Aimee.. P-Pero b-bakit ang dami naman yatang pasa nitong nasa mukha mo!? May konting blackeye pa yang mata mo!"** sigaw nya habang dahan dahang hinihimas ang pasa ko isa-isa..

"Yung ibang gumawa nito hindi ko kilala.."

"Ano?!"

"Tss.. maglalakad ako papuntang CR bigla na lang may babato sakin! Papunta sa Canteen bigla na lang may mananabunot sakin! Papunta sa Hall bigla na lang may sasampal o mananapak! Tsk.."

"Kaya nga bakit mo hinahayaang gawin nila sayo yan!"

"Dahil wala nga akong mapapala kung papatulan ko sila! Masasaktan ko lang sila!"

"A-Ano ba namang klaseng dahilan yan?!" hindi makapaniwalang tanong nya! **"Sinasaktan ka na't lahat.. *'sila'* pa rin ang inisiip mo?! Ano bang nangyayari sayo Max?!"** seryosong tanong nya pa. **"Ibig mong sabihin.. hahayaan mo na lang silang ganyanin ka at ikaw ay mananatiling walang pakialam kahit na bugbog sarado't pasa pasa ka na?! Ganon ba?!"** inis na tanong nya at hindi ako kumibo! **"Hindi ako papayag!"**

Taka akong napatingin sa kanya!

"Kung hindi ka gagawa ng paraan para gantihan sila.. ako mismo ang gagawa----!!!!!!"

"Wag na.." pigil ko sa kanya.

"Ano!?"

"Wag ka ng sumale.."

"T-Taguro.."

"Wag na wag kang makikisale sa gulo ko.."

"Yan.."

Sabay kaming napalingon ni Sensui kay Naih nung bitiwan nya ang huling linyang yun!

"Yan ang ugali ni Maxpein na ayaw na ayaw ko.." nakangiwi pang dagdag ni Naih at tinignan ko naman sya ng masama. **"Yung kahit na mamamatay na sya ay hindi ka nya papayagang tulungan sya!"** biglang sigaw nya at naiiwas ko naman ang paningin ko sa kanya! **"Ano ka ba naman Max!? Ano bang akala mo sa sarili mo?! Bato?! Pader?! Kahoy?! Bakal?! Hangin!? Tao ka, Maxpein! At isang asintadong bala na tumama sa katawan mo, tulad ng ibang tao---mamamatay at mamamatay ka! Bakit ba parati mo na lang pinaiiral yang mga ganyang ugali mo?! Ha?! Kasi ako rin mismo hindi kita maintindihan!"** inis na sigaw nya. **"Hindi ka naman mamamatay kung magpapatulong ka di ba?! Mas mabubuhay ka pa! Kaya ka nga may kaibigan! Para may maasahan ka sa oras ng pangangailangan! E bakit sinosolo mo lahat?! Para ikaw lang ang bida?! Jusko naman.."** galit talagang dagdag pa ni Naih.

"A-Ayaw ko lang na may madamay na iba.." pagdadahilan ko.

"Ayaw mong may madamay kaya magpapaapi ka?! Ganon?!"

"Tss.. sinong nagpapaapi?!" inis na tanong ko!

"Alam mo kasi.. tama si Sensui e.. Pwede kang lumaban dahil may dahilan ka naman para patulan sila! Bakit mo hahayaan ang sarili mong magkaganyan habang sila e libreng libreng kantiin ka?! Hindi rin ako papayag! Lintek lang ang walang gante!"

"Tch! E bakit kahapon hindi mo sya tinulungan?!" inis na tanong ni Sensui kay Naih na sandali pang natigilan.

"E kasi nga po Serr.. lumalakad mag-isa yang chick mo at nagugulat na lang ako dahil twing babalik sya sa tabi ko e me bangas na mukha nya! Kapag tinanong mo.. ang sagot.. wala 'to! Wala lang 'to! King inang wala yan! Daig mo pa ginawang punching bag sa itsura mo! Tignan mo nga yang mata mo!" inis pang sigaw sakin ni Naih at masama naman ang tinging nilingon ako ni Sensui.

Hindi ako nakapagsalita!

"Alam mo Max.. hindi mo kailangang solohin lahat.. Dahil may kaibigan ka.." si Michiko.

"Bakit naman kasi.. walang ginagawa yung mga kamag-anak mo.." si BJ.

"Kasi.. hindi nya naman pinapaalam!" sabat na naman ni Naih!

"Panong hindi alam teh!? E ayan oh.. hindi man lang ba sila magtatanong kung saan nakukuha ni Max yung ganyang bangas sa mukha nya??" si BJ.

"BJ, hindi kasama ni Max sa bahay ang pamilya nya.. Ako lang ang kasama nya sa bahay kaya lahat ng bangas sa mukha at katawan nyan, ako lang ang nakakakita!" si Naih.

"E bakit hindi kayo magsumbong?! Tayo?! Bakit hindi tayo magsumbong?!" si Migz.

"E bakit hindi nyo pa kahapon ginawa yan?!" si Sensui na naman.

"Alam mo Deib, wag kang umasta na parang sinisisi mo kami kung wala kaming nagawa.. dahil tama sila.. si Max mismo ang may ayaw.." inis na sagot ni Migz sa kanya. **"Kung ako lang ang masusunod ay tumakbo na ako kay Dean para ipaalam ang nangyari.. pero ayokong magalit sya sakin kaya nanahimik na lang ako.."**

Galit na namang nilingon ako ni Sensui!

"Bakit ba kasi ang tigas tigas nyang ulo mo! Akala mo ata kaya mo lahat!" sigaw nya pa sakin!

"Tss.. hindi mo kasi naiintindihan.."

"E kasi.. sabihin mo sakin para maintindihan ko! Namin! Wala ka namang sinasabi para maintindihan namin di ba?!"

May point sya..

Bumuntong-hininga ako at saka tumingin isa-isa sa kanila.

"A-Ayoko lang lumaki pa yung gulo kaya ayaw ko na silang patulan.. Naniniwala kasi akong.. kung hindi ko sila papansinin e magsasawa rin silang gawin kung ano mang ginagawa nila sakin ngayon.." bumuntong-hininga ako at saka tumingin sa kanya. **"Naniniwala akong *'tulad mo'*.. kusa rin silang hihinto sa mga ginagawa nila sakin.."** dagdag ko at natigilan si Sensui.

Hindi sya nakasagot at nanatiling nakatingin sakin kahit na magalaw na ang mga mata nya.

Naging awkward ang eksena sa pagitan namin at bahagya pang lumayo sya sakin..

"Wala kang pinagkaiba ka sa kanila Sensui.." dagdag ko at mas natigilan sya.

Kitang kita ko kung paanong napatitig sya sakin.. at kitang kita ko sa mga mata nya ang pagkapahiya..

"Nung ikaw ang nambubully sakin.. May narinig ka ba galing sakin?? Meron siguro.. puro pang-aasar.." natatawa kunwaring dagdag ko. **"Yung mga ginawa mo sa akin noon.. Pinatulan ko ba?? Siguro.. pero hindi sing lala ng mga ginawa mo.."**

"A-Anong ibig mong sabihin?" seryosong tanong nya.

"Hihintayin ko na lang silang magsawa.."

"Taguro.."

"Kung panong nagsawa ka sa mga kalokohang ginawa mo sakin.. magsasawa rin sila.."

"P-Pero Taguro.." parang nanlulumong usal ni Sensui. **"..kailan pa yun?? Kailan pa sila matatapos na ganyanin ka?!"** galit na namang tanong nya.

"Kapag patay na sya.." biglang sarkastikong sabat ni Naih. **"Baka hindi pa sila nagpaplanong matapos sa mga pinaggagagawa nila sayo e mamatay ka na?!"** inis na tanong nya sakin!

"Tss.."

"Bakit nga kaya hindi na lang natin iparating kila Dean ang nangyari?" sabat ni Lee.

"Oo nga.." sang-ayon ni Tob.

"Oo nga naman.." sang-ayon ng mga teammates nila Deib.

At saka sila isa-isang tumingin sakin.

"Kasi Max.. sa dami ng mga nambubully sayo.. Hindi malayong mangyari yung sinabi ni Naih.." si Tob. **"Maraming naaaksidente dahil sa bullying.."** bakas ang pag-aalala sa mukha nya.

"Nandito kami para tulungan ka pero.. hindi mo masasabi kung kailan ka nila pwedeng sugurin.." si Lee.

Magmamatigas pa ba naman ako e.. andami nyo!? Tss..

Iniiwas ko ang tingin ko sa kanila at saka ako tumingin sa labas..

Naramdaman ko naman ang paglapit ni Sensui kaya napatingin ako sa kanya..

"Wag kang mag-alala dahil nandito ako.. Hindi kita papabayaan.. Hindi ko hahayaang harapin mo silang mag-isa.." mahinang usal nya.

"Tss.. kalokohan yan.." mahinang sagot ko at sumama na naman ang tingin nya!

"A-Ano?!"

"Wag ka na sabing sumale.." sagot ko.

"Bakit?!" inis na tanong nya.

"Dahil nga ayaw kong may nadadamay.."

"Taguro.. hindi naman pwedeng pabayaan na lang kitang ganyan ganyanin nila!" inis na sigaw nya at inis naman akong tinignan sya.

"Sabi mo lumaban ako di ba?!" tanong ko at tumango naman sya. **"Edi manood ka.."**

"A-Ano?!"

"Tss.. Manood ka lang.. pero wag kang sasale.." sagot ko at binatukan nya naman ako ng mahina!

Tinignan ko lang sya ng masama!

"Mayabang ka talaga e no?!" inis na tanong nya pa!

"Tss.. sabi nyo lumaban ako.. Ngayong lalaban na---mayabang pa rin ako?! Hanep.." inis na sagot ko!

"Kasi yang mga dahilan mo.. lahat walang kwenta!" sigaw nya!

"Hahahahahahaha.. ang cute nyo.."

Sabay kaming napalingon sa teammate nya.

"Manahimik ka nga, Ivan.." singhal sa kanya ni Sensui at saka muling tumingin sakin ng masama! **"Basta.. sinasabi ko ngayong wala ng pwedeng gumawa sayo ng ganyan! Okay?!"**

"Deib.. may laro pa tayo.." si Chris. Nilingon sya ni Sensui pero agad namang tumingin ulit sya sakin.

"Pagkatapos ng laro ko.. sabay tayong pupunta kay Lolo.. Sasabihin natin sa kanya ang kaso mo at ako ang magpapaliwanag.. Sasabihin kong gusto kong makarating sa pamilya mo ang ginagawa nila sayo dito.. para malaman nila ang totoo.. Na Moon ka talaga.."

"Sige.." maikling sagot ko at saka tumalon mula sa pagkakaupo ko sa mesa.

Tinignan pa rin ako ng masama ni Sensui kaya naman nakanguso akong tumingin sa kanya!

"A-Ano!?" inis na tanong ko.

"Wala ka talagang kwenta!"

"T-Tss.. hindi ko malaman sayo kung dapat bang sumang-ayon ako o ano.. Tapos ako pa walang kwenta?! Hanep.."

"Kasi parating ang ikli ng sagot mo!"

"Bakit?! Ilang sentence ba dapat!?" sarkastikong tanong ko at nginiwian nya naman ako at saka inis na tinalikuran ako at hinila ang bag nya para magbihis!

Baliw..

Huminga ako ng malalim at nagtama ang paningin namin ni Naih.

"Tsk tsk tsk.." iling na sabi nya pa. **"Yan.. yan ang napapala mo sa kayabangan mo.."**

Ako pa rin ang mayabang?! King inang yan.. saan pa ba ako lulugar sa kinatatayuan ko?!

"Sabihin mo na lahat kila Maxwell yang mga ginagawa sayo! Pero kung gusto mo na talagang magpakamatay, sige kahit wag na!" sigaw na naman ni Naih.

"Wag ka ngang OA.."

"Psh! Palibhasa ultimong ikaw ay walang pakialam sa sarili mo kaya lahat ng tao sa paligid mo ayaw mong makialam sayo!"

"O-Oo na nga ho.. di ba?? Sumang-ayon na ako kanina.. bakit ba nagagalit ka pa?!" inis na tanong ko!

"Si Deib.. galit.. Nakikigalit lang.. Bawal!?"

Hindi ko sya pinansin at pinanood ko lang si Sensui sa ginagawa nya..

"Saan nga pala kayo galing?" tanong ni Michiko kaya naman nilingon namin sya pareho ni Naih.

"Oo nga.. saan kayo galing ni Sensui?" si Naih.

Tumingin ako sa labas at hindi ko na nakita si Choco kung san ko sya huling nakita kanina.

"Sinapak nya si Choco.." mahinang sagot ko.

"Whaaaaat!?" silang lahat.

"Sinapak nya si Choco.." ulit ko.

"Whaaaat!?" silang lahat pa rin.

"Sinapak nya si Choco.." ulit ko ulit.

"Ang sarap sarap talagang kausap ni Maxpein noh??" nakakalokong tanong ni Naih sa kanila at saka inis na tumingin sakin pero agad nya rin naman akong tinignan ng seryoso. **"B-Bakit nya nga pala sinapak si Choco?!"**

"Ewan ko.." kibit-balikat na sagot ko at saka kinapa ang labi kong medyo kumikirot parin. **"Siguro akala nya si Choco ang gumawa sakin nito.. Pero.. pano nya nga pala nalaman??"**

"Ewan ko.. pinapunta lang ako ni Lee dito e.." si Naih.

"Wit ko rin knows teh, sumunod lang akis ditey.." si BJ.

"Hindi ko rin alam.." sagot ni Migz. **"Napunta lang ako dito kasi nakasabay ko sila Tob at Michiko na nagmamadaling papunta dito sa room.."**

"Mmm.. sabay kaming pumasok ni Tob, sinundo nya ako.. Papaalis na kami kanina nung biglang tumawag si Deib sa kanya, tumawag sya kay Lee after nun tapos sinabi nyang papasok si Deib kaya nagmamadali kaming pumasok kanina.. Wala namang sinabi si Tob sa kanya kasi nga di ba, sabi mo samin kahapon, wag naming ipapaalam kay Deib yung nangyari?!"

Oo..

Ang totoo.. kinausap ko silang lahat kahapon na ayaw kong makarating kay Sensui yung nangyari dahil ayaw ko lang namang madamay sya..

Nilingon ko si Sensui na abala pa rin sa pag-aayos ng sarili..

Pano nya nga kaya nalaman?!

Maya maya pa ay tapos na sila at mabilis syang lumapit sakin.

"Oh Enrile?!"

Napalingon ang lahat sa biglaang pagpasok ni Coach!

"Coach.." si Sensui.

"Hindi ko alam na papasok ka na pala ngayon??"

"Mmm.. Okay na yung paa ko Coach.."

"Sigurado ka?"

"Yes Coach.. ang sabi naman po nung Ortho Doctor ko e.. 2-3days na pahinga.. lalampas na ako kapag hindi pa ako pumasok hehehehe.."

"Sigurado ka ba talaga??"

"Oo naman yes Coach! Hehehehe! Laro'ng laro na rin ako e.."

"Wag mong pwepwersahin ang paa mo.."

"Yes Coach.."

"Patingin nga muna! Kinakabahan ako sayo e!" sabi ni Coach at saka lumapit at tumingin sa paa ni Sensui. Hinuban naman ni Sensui ang sapatos at medyas nya at saka ipinakita sa kanya.

"Oh.. hehehehehehe.."

"Ahh.. okay na nga ano?? Kelan nawala ang pamamaga??"

"Kahapon pa Coach.."

"Ang pangingitim??"

"Kahapon rin hehehehehe.. Okay na okay na yan Coach.. itinakbo takbo ko rin sa bahay 'to e.."

"Sigurado ka ah?? Baka mamaya ako masisi nyan.. Kinausap kasi ako ng Lolo mo.."

"Hindi Coach.. alam na rin naman nilang maglalaro ako ngayon.."

"Sabi mo yan ah?"

"Oo nga po Coach hehehehe don't worry.." sabi nya na tinapik pa si Coach sa balikat.

"O-Oh.. Del Valle!? Anong nangyari sayo!?" gulat na baling sakin ni Coach.

"Nadapa ho.." pagsisinungaling ko at napabungisngis pa ang iba habang nakatingin sakin.

"Tch.." singhal ni Sensui. **"Nabully na naman sya.."**

Basag trip..

"Ha?! Mo?!"

"A-Anong mo, Coach!?" takang tanong ni Sensui.

"Binubully *'mo'* na naman sya!?"

"H-Hindi Coach ah!"

"Eh nino!?"

"Nung mga dating nambubully sa kanya, ano pa nga ba.."

"Bakit daw?!"

"Mahabang kwento Coach.. mamaya na lang natin pag-usapan.. baka ma-late tayo e.."

"Oo nga, sige sige.. nandoon na rin ang SIS e.. Let's go.."

At isa-isa kaming nagsipagtayuan at naglakad papalabas nung room. Mabilis namang lumapit si Sensui sakin.

"Maglalaro ako.. pero hindi ka pwedeng umalis ng wala ako.. Naiintindihan mo??" seryosong tanong nya kaya naman pagkabuntong-hininga ay tumango na lang ako. **"Don ka tatabi sa mga team mates ko kaya walang pwedeng gumalaw sayo.."**

"Sige.."

"Seryoso ako.."

"Seryoso rin naman ako.." sagot ko.

"Let's go.." sabi nya at..

HINILA ANG KAMAY KO!

Taka akong napalingon kila Naih at lahat sila ay nanunukso na ang tingin sakin!

"Yiiiieeeeee!!!" mahinang birit pa nina Migz, BJ at Michiko at si Naih naman ay panay ang senyas sakin ng *FIGHTING*!!

"T-Teka nga.. Teka nga.." pigil ko kay Sensui at taka naman syang tinignan ako kaya dahan dahan kong inalis ang pagkakahawak nya sa kamay ko. **"H-Hindi 'to allowed dito.."**

"Ang alin?"

"H-Holding hands.."

"Tch! Ang kapal naman ng mukha mo.. anong holding hands dyan?!"

Napatingin ako sa pagkakahawak nya sa...

BRASO KO..

"Braso yan! Hindi kamay! Tch!" sigaw nya pa na ipinakita sakin ang sarili kong braso!

At saka ko dahan dahang inalis ang ***"BRASO"*** ko sa kanya at nagpaumunang maglakad..

"Tsk.. sinabi ng wag kang aalis sa tabi ko e.." inis na bulong nya pa pagkahabol nya sakin.

"Kyaaaaaaaaaaaaaaaaa!"

"OMG!!!!!!"

"Waaaaaaaaaa!"

"Yaaaaaaaaaa!"

"Yiiiiiiiiiiiiiiieeee!"

"Leeeet's goooo BIS!!!"

"Gooo gooo goo BIS!!"

"Omaya, look ang gwapo ni Deib!"

"Oo nga Alvie!"

"OMG.. Jocelyn ang gwapo ni Toooobb!!! Gooo Tooob!"

"Mas gwapo naman si Lee noh, Marineth!"

Umingay na naman ang crowd pagpasok ng Basketball Team ng BIS.. Pinagigitnaan nila ako kaya naman hindi na nakakapagtakang wala akong naririnig na bulungan tungkol sakin. Dahil paniguradong kapag nakita nila ako ay puro atungal na yan..

Mabilis kaming naglakad papunta sa bench nila at mabilis ring nakasunod sila Naih, Migz, Michiko at BJ samin.. Naupo kami sa bench. Katabi ko yung ibang team mates ni Sensui sa kanan at nasa kaliwa ko naman sila Naih. Munit may isang upuan sa pagitan namin nila Naih dahil don nakapatong ang mga gamit namin.

"OMG! She's here!"

"Sino???"

"Si Taguro! Sino pa ba?!"

"That biaaatch!"

I knew it..

Napabuntong-hininga na lang ako nung marinig ko na naman ang malalakas na sigawan ng mga bullies.

"Attention-whooore!!!"

"A biaaatch clone!"

"Feeling mayaman!"

"Ampon!"

"Grabe.. ano ba yan??" bulong ni Michiko at hindi ko naman na sila pinansin..

Tumingin na lang ako sa mga naglilinis sa court at pinanood silang punasan ang sahig..

Bigla namang naupo si Deib sa harap ko..

Ano na naman bang eksena nito..

"Kapag may gumalaw sayo.. sigaw mo lang pangalan ko, okay??" seryosong sambit nya at humikab naman ako..

YAAAAAAWWWNNNSSS

"Okay.." sagot ko pagkatapos.

"Kapag may gumalaw kay Taguro... sigaw nyo lang ang pangalan ko.." utos nya pa sa iba.

"Sige hehehehe.. angsweet.." si Michiko, nginitian naman sya ni Sensui bago muling tumingin sakin.

"Isang mabilis lang 'to.." nakangising sabi nya pa.

"Ayos na ba paa mo?" tanong ko.

"Mmm.. hinilot ni Tagsen.." nangingiting bulong nya pa.

"Sige na.. galingan mo.."

"Para sayo.." bulong nya ulit.

Iniiwas ko naman sa kanya ang mukha ko at saka tumingin na lang ulit sa court. Kinausap naman ni Coach ang team nya.

"Leett'sss gooo BIS!!" sigaw pa ng BIS Team.

Maya maya pa ay pumito na ang referee kaya pumunta na sila sa gitna.

~PRRIT!!~

"Kyaaaaa!"

"Ayan na, Johanna daliiii!!!"

"OMG Nica Jane, ang gwapo nilaaaaaa!"

"Mharvie, tignan mo.. anggugwapo nung mga taga-BIS!"

"Nakoooo oo nga, Jean hahahaha! Mas gwapo pa kesa sa mga taga-SIS!"

"We looove youuu BIS!!"

"Gooo BIS!!!"

"Let's goooo BIS!!"

Nag-apir ang mga players at muling nagsalita ang announcer at maya maya lang ay nag-Jump Ball na sila..

Napunta sa SIS ang bola..

KEV GONZA'S POV

Mula sa malayo ay kitang kita kong nanonood si Maxpein ng laro ni Deib Enrile.

Hindi ko pa rin maiwasang magalit..

Bakit kailangang mapabilang ka sa kanila?!

Sayang ka.. type pa naman sana kita..

Pero aaminin kong hindi ko maiwasang makunsensya..

Naalala ko ang mga kagandahang-loob na ginawa nya sakin nung ako ang target nila Mallyu at Yago.. Pero ngayon ay ako ang bumaliktad at ako mismo ang kumakanti sa kanya.

Ganyan na ba talaga ang ugali mo, Kev!?

"Hoy.." biglang sulpot ni Jermayne at saka tumabi sakin. Nilingon ko naman sya. **"Enrile is back hehehehehe.."**

"Tsh.. pake ko.." inis na sabi ko.

"Sabihin mo nga sakin pre, ano bang atraso sayo ni Enrile!?" tanong nya at inis naman akong nilingon sya.

Wala masyadong alam si Jermayne tungkol sa mga naiisip ko. Hindi naman sa hindi ako nagsasabi sa kanya, sinadya ko lang talagang hindi banggitin sa kanya ang tungkol sa isang 'to.

"Binadtrip nya ako e.." inis na sagot ko.

"Tapos?!"

"Wala na.."

"Ano ka ba naman, Kev! Napakaisip bata mo!"

Inis akong tinignan sya ng masama!

"Hindi mo kasi alam, pre.."

"Alam mo namang mayaman ang mga yan! Buti na lang walang ginawa sayo!"

"Tsh! Wala akong pakialam sa yaman nila! Yang mga mayayaman na yan, mga walang silbe!"

"Bakit ba ganyan na lang ang galit mo!? Hindi na kita maintindihan pre.."

"Yung Maxpein na yun.." turo ko kay Max.

"Oh? Crush mo!? Tapos pinupormahan ni Enrile!?"

"H-Hindi yon.. hindi ko na sya type ngayon!"

"Oh?! Anong nangyari?! E panay yan ang bukambibig mo ah?!" natatawa pang tanong nya at napailing naman ako.

"Dati yun.."

"Oh e ano ngang nangyari?"

"Moon sya.."

"A-Ano!?"

"Oo.. Moon sya.."

"Aww.."

"At hindi ko inaasahan yun.."

"Kung ganon.. totoo yung narinig kong pinagtripan mo yung Maxpein kahapon?!"

"O-Oo.."

"Tsk! Bakit mo ginawa yun?! Alam mo ba kung anong pwedeng mangyari sayo?! Pano kung dalihin ka dito sa BIS!? Loko!"

"Tsh.. may nangyari ba sakin?!" mayabang na sabi ko. **"Maraming ayaw sa kanya dito.."** sabi ko pa habang nakatingin kay Max. **"Maraming nambubully sa kanya dito at nagustohan ko naman yon.. Dahil hindi lang pala ako ang pwedeng gumalaw sa kanya.."**

"Pare.. babae yon, ano ka ba.."

"Wala akong pakialam! Ayaw ko sa pamilya nila!"

"Bakit nga ba?!"

"Dahil sa ginawa nila sa Nanay ko.."

"Ayan ka na naman e.. ilang beses ko bang sasabihin sayo'ng hindi naman lahat ng pamilya nila ay may kasalanan sa Nanay mo!"

"Yung Maze na yon.. sya ang may kasalanan kaya nagkaganon ang pamilya namin!"

"Sabihin mo nga sakin pre.. ano ba kasing nangyari?! Hindi kasi kita maintindihan e.."

"N-Nung may sakit si Dainty.." tukoy ko sa kapatid ko. **"Lumapit sa pamilya nila ang Nanay ko para humingi ng kaunting tulong dahil**

walang wala kami.. Hindi na nga sila nagbigay nang tulong.. hindi pa nila pinakitaan ng magandang asal ang Nanay.. sinong matutuwa sa kanila?!"

"Oh!?" hindi makapaniwalang tanong nya at tumango naman ako. **"Ang sama nga.. tapos?!"**

"Ang bahay na tinitirhan namin.. binili nung Maze na yon at pinatayuan ng Mini Mart! Walang wala kaming mapuntahan nun pre.. Nakiusap sa kanya ang Nanay ko ng kaunting palugit bago kunin ang bahay namin dahil hindi naman namin alam na pag-aari pala nila ang lupa'ng yon na ilegal namang tinayuan ng Tatay ko ng bahay.. pero hindi pa rin nila kami pinagbigyan! Nasunod pa rin ang gusto nila dahil tuso sila!"

"Kev.."

"Wala akong mapapala sa Tatay ko kaya naman ganon na lang ang awa ko sa Nanay ko.."

"P-Pero di ba.. yung Nanay na tinutukoy mo ay... s-step-mother mo lang naman??" tanong nya at natigilan naman ako.

TAMA ANG SINABI NYA.

Step-Mother ko lang ang tinuturing kong Nanay ngayon.

Manginginom ang Tatay ko at pangalawang asawa nya lang ang Nanay ko. Namatay ang Nanay ko ng mga sindikato'ng tinakasan ng Tatay ko nung madispalko nya ang pera'ng pinapadala sa kanya sa kuta nila dahil nagkasakit si Dainty.

Gayunpaman ay hindi sya nagkulang na ipakita samin na handa syang tumayong ina saming ng nakababatang kapatid kong si Dainty. Sya ang nagpalaki at umaruga samin..

Yung trabaho ng tunay na Nanay at Tatay ko ay dinoble nya..

Pinakain, dinamitan, pinag-aral, pinatira at pinasaya nya kami gamit ang sarili nyang pera na pinaghirapan at pinagpawisan nya..

Maski isang masakit na salita ay wala kaming narinig sa kanya..

MInsan ay nagugulat na lang kami dahil marami syang pera pero lahat ng yun ay hindi ko na kinukwestyon dahil lahat yun nauubos sa pangkain, pampaaral, pambili ng damit at para sa mga luho namin ni Dainty. At kung minsan pa ay para sa ospital.

Pero kadalasan ay wala syang pera at talagang nauubos pa kahihingi ng Tatay kong manginginom rin.

Bukod samin ni Dainty ay may kapatid pa akong isa.. pero hindi naman sya tulad ni Dainty na sakitin.. ang totoo ay matibay ang bata'ng yun.. Kung saan saan nakakarating.. Pero saming tatlong magkakapatid, sya ang pinakaclose ni Nanay. Sakitin si Dainty dahil mahina ang baga nya.. konting pagbabago ng klima at panahon ay hindi nawawala ang ubo't sipon nya. Nagkapneumonia na rin sya pero nagagamot rin naman.

"Step-mom ko lang sya pero daig nya pa ang tunay kong Nanay.." malungkot munit may bahid ng galit na usal ko. **"Kaya naman hindi ko maalis sa sarili kong magalit sa mga Moon na yan dahil wala silang ginawa kung hindi ang maliitin kami.. Sa ganoong paraan man lang pare, maiganti ko ang Nanay ko.."**

"Pero pwede kang mapahamak dyan sa ginagawa mo.." may bahid ng pag-aalalang sagot ni Jermayne at napailing naman ako.

"Alam ko.. pero sa twing maiisip kong hindi naisip ng Nanay kong pwede syang mapahamak sa mga ginagawa nya ay lumalakas ang loob ko.. Bakit ko iisipin ang sarili ko kung para naman sa pamilya ko ang ginagawa ko?"

"Psh.. anong para sa pamilya mo!? Pre.. sa tingin mo ba matutuwa ang Nanay mo kapag nalaman nyang naghihiganti ka sa mga gumawa ng masama sa kanya ng hindi nya alam!?"

Hindi ako nakasagot!

"Kasi alam mo pre.. hindi mo naman alam ang history nila kung bakit nagkaganon ang Nanay mo at ang mga Moon di ba?! Sige nga.. bukod sa mga nalalaman mo sa mga Moon, ano pang alam mo sa kanila?! Anong alam mong kuneksyon ng Nanay mo sa mga Moon?! Meron ba?! O wala talaga?!"

Napailing ako.

"Wala.." sagot ko.

"Kita mo na?! Wala kang alam sa kanila bukod sa mayaman sila at mapang-api! E pano kung may nagawa ring kasalanan sa kanila ang Nanay mo kaya naman ganon na lang rin sila sa kanya?!"

"Hindi magagawa yan ng Nanay ko!" sigaw ko sa kanya at nagulat pa sya!

"P-Pre.."

"Alam mo Jermayne.. kaya hindi ko 'to kinukwento sayo dahil alam kong hindi mo maiintindihan e! Bakit nga ba naikwento kwento ko pa!"

"S-Sakin lang naman e advice---"

"Hindi ko kailangan ng advice mo!"

"S-Sorry.."

"Hindi ko kailangan ng advice dahil may sarili na akong isip.. Alam ko na ang dapat gawin sa hindi! Kaya sana makinig ka na lang! Kung may masasabi kang hindi maganda, isaisip mo na lang! Kasi kahit kaibigan kita.. hinding hindi kita pakikinggan.." inis na sabi ko at saka tumayo.

"T-Teka san ka pupunta?!" habol nya.

"Magpapahangin.."

"Kev.."

"Dyan ka na lang.. okay lang ako.."

"Tsk.. sorry pre.."

"Okay nga lang.."

"S-Sige.."

"Babalikan kita dyan.. may kakausapin lang ako.."

"Tsk.. sana lang wag kang mapahamak dyan sa ginagawa mo pre.." sabi nya pa pero tinalikuran ko na sya at saka ako naglakad palabas.

Sinulyapan ko pa si Enrile at Maxpein bago ako tuluyang makalabas..

May araw rin kayo sakin..

Naglakad ako papuntang Canteen..

"Hi Kev.." bati sakin nung isang babae. Tiningnan ko naman sya at nakauniform sya ng BIS.

"Hi.." bati ko.

"Wala kang laro?"

"Meron.. mamaya.."

"Yiiieee.. sana matalo mo sila.."

"A-Ahh sige.."

"Ako nga pala si Ysay.."

"Nice meeting you Ysay.."

"Nice meeting you too.."

At iniwan ko na syang mag-isa..

Pero hindi pa man ako nakakarating ng Canteen,

"Gonza.."

Napalingon ako sa likuran ko at nakita ko sina Mallyu at Yago kasama ang ibang mga bata nila na nakasandal sa isang espasyo doon habang kunwaring nagkakalikot pa ng kuko si Mallyu.

"M-Mallyu.." tawag ko sa kanya.

"Walang laro?"

"W-Wala.. BIS at SIS ang naglalaro sa loob.."

"Oh.. e bakit hindi mo panoorin si Enrile?! Nakita kong dumating na sya ah!?"

"M-Mmm.. naglalaro sya.."

Hindi ko pa rin maiwasang kabahan twing makakaharap ko sila!

Mga kilalang gangsters ang mga 'to sa school namin at balita ko ay talagang hindi sila mabubuting tao!

Twing kakabahan ako ay nakakaramdam ako ng pagsisisi kung bakit ba ako pumasok sa grupo nila dahil lang sa kagustuhan kong makakuha ng kaunting impormasyon tungkol kay Maxpein at sa mga Moon dahil may mga nalalaman rin sila tungkol sa kanila.

"Mukhang okay na si Enrile ah??" nakangiting tanong ni Yago at nilingon ko naman sya.

"S-Sa tingin ko ay okay na sya.. n-nakakapaglaro na e.."

"San ang punta mo nyan?"

"S-Sa Canteen.. nagugutom ako e.."

"Pwede ba kaming sumabay sayo??"

"S-Sige ba.." walang choice na sagot ko.

Wala akong pera.. badtrip!

Nagtuloy kami sa loob ng Canteen at naupo sa isa sa mga mesa doon.

"Napakaganda ng School nila.." si Mallyu na tumingin pa sa loob ng Canteen. **"Kung may pera lang siguro kami.. makakapag-aral rin ako sa ganitong klase ng school hehehehehehehe.."**

"Asa ka pa hahahahahahaha.. dinig ko ay mahigit nobenta mil ang twisyon ng mga estudyante dito.. at tumataas pa habang nadaragdagan ang taon.." si Yago.

Ang mahal!

Ibig sabihin.. ganon talaga sila kayayaman?! Tsk!

"Oh.. Gonza.. libre naman dyan.." utos ni Yago.

"A-Ahh.. s-sige.. kuha lang kayo.." utos ko.

"Ikaw na.. bakit kami pa?!" natatawang sagot naman ni Mallyu..

"A-Ahh hehehehe sige sige.. dyan na lang kayo.. a-ako na oorder.." sabi ko at saka naglakad papunta sa kahera. **"A-Ahh.. Manang.."** tawag ko dun sa kahera at nakangiti naman syang nilingon ako. **"U-Uutang ako.. p-para sa mga players.. pwede ba??"**

"Oo naman.. Taga-Luna kayo hindi ba??"

"Opo.."

"Mmm.. nakausap ko na ang Coach nyo.."

"A-Ahh hehehehe a-ako po ang magbabayad.."

"Pang players ba talaga 'to?" tanong nya na nilingon pa ang mga kasama ko.

"O-Opo.. hehehehehehe.."

"Sige.. kumuha ka na.." parang naiilang pang sabi nya pero hindi ko na sya pinansin at nagturo na lang ako ng nagturo sa waiter.

Maya maya lang ay inihatid na samin ang pagkain namin.

"Ngayon lang nakita ni Enrile si Maxpein, may nasabi ba sila sayo??" si Yago habang sumusubo ng pagkain.

"W-Wala.."

"Mmm.. balita ko e kinanti ni Enrile si Choco.."

"Si C-Choco??"

"Mmm.. si Choco.. yung humampas sa likod ni Maxpein kahapon?? Hahahahaha.. gago'ng Choco.. ang lakas rin ng loob e.." natatawang sambit pa ni Yago at hindi naman ako nakapagsalita agad. **"Gagamitin lang natin si Choco para sa pera.."** biglang seryosong sabi nya at saka tumingin sa mga mata ko. **"Hindi tayo kikilos hangga't hindi tayo bayad.. Malaki magbayad yun kaya wag kang mag-alala.. Kailangan mo ng pera di ba?!"**

"O-Oo.." kabadong sagot ko.

"Malakas naman 'to sa chicks e.. sa tingin ko magagamit nya rin yan.." nakangising sabat ni Mallyu na sa pagkain nakatingin. Natawa naman ng bahagya yung iba pa nilang kasamahan.

Maya maya pa..

"Si Maxpein.." biglang usal ni Mallyu at napatingin ako sa kanya. Seryoso syang kinukutkot ang pagkain nya at saka umangat ang paningin nya sakin kaya naman bahagya akong kinabahan. **"Mag-iingat ka sa kanya.."**

Anong ibig nyang sabihin?!

Kinabahan ako ng matindi dahil yung paraan ng pagkakasabi ni Mallyu ay may diin at yung paraan ng pagtingin nya ay naninindak!

Bakit ngayon nya lang sinabi sakin 'to?! Kung kailan may nagawa na akong masama don sa tao?!

Badtrip! Sana nga ay tama si Jermayne.. wag naman sana akong mapahamak sa pinasok ko..

"Hindi sya sing dali ng inisiip mo.." dagdag pa ni Mallyu at napailing naman ako.

"A-Ano bang ibig mong sabihin, Mallyu?" pilit ang ngiting tanong ko at ngumisi naman sya.

"Hindi sya tulad ng ibang babae'ng nakilala at nakadikit mo.." sagot ni Mallyu at saka sumubo ng isa at muling tumingin sakin habang ngumunguya. **"Naalala mo ba nung araw na sinugod ka namin?!"**

"O-Oo.."

"Nakita mo ba lahat ng ginawa nya samin?!"

"O-Oo.." sagot ko na naman.

"Yun si Maxpein.. Wala syang takot.. walang sinasanto.. walang kinatatakutan.. walang pakialam.." huminga sya ng malalim at saka muling ngumisi. **"May mga sarili syang batas at pamamalakad na binuo sa isip nya kaya naman kapag hindi katanggap tanggap sa kanya ang dahilan mo.. tablado ka hahahahahaha.. Dati rin naming kasamahan si Maxpein.."**

TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!

KUSANG BUMILIS ANG TIBOK NG PUSO KO!

Bakit ngayon ko lang nalalaman ang mga 'to!?

Kaya ba ganon na lang sya magsalita sakin!?

Pero bakit hindi nya man lang ako pinatulan!?

Bakit hindi nya man lang ako ginagantihan sa mga ginagawa ko sa kanya?! Parang balewala sa kanya lahat ng ginawa ko! Maski sila Choco ay hindi man lang nya nilabanan?! Panong pag-iingat ba ang kailangan kong gawin sa kanya!?

Nalito ako!

"Hindi sya kumalas samin pero.. hindi rin naman sya nagpaalam na aalis.. Kusa syang umalis ng walang sabi sabi.. Syempre.. hindi naman pwede yun samin.." sabi ni Yago na kumakain pa rin. **"Hindi ko na ikukwento ang lahat dahil sapat na yan para makilala mo sya."**

"A-Ano ba sya??"

"Kayang kaya kang saktan ni Maxpein.." nakangising sagot ni Yago at mas bumilis ang tibok ng puso ko!

"Kayang kaya ka nyang durugin.." dagdag pa nya. **"Kayang kaya ka nyang pulbusin.. At kapag sinabi nya.. ginagawa nya.."**

"P-Pero.. bakit wala man lang syang ginawa sakin!? Sa amin?!" biglang tanong ko at natawa naman sila.

"Yun nga rin ang hindi namin maintindihan e.." natatawang sagot ni Mallyu. **"Ang laki ng ipinagbago ng Maxpein noon sa Maxpein ngayon.. Noon, hindi ka pwedeng magparinig sa kanya dahil paniguradong puputok ang nguso mo.. Hindi ka pwedeng humarang sa dadaanan nya dahil paniguradong hahagis ka.. Pero ngayon?! Tang*na daig nya pa may dementia!"** galit na sigaw ni Mallyu! **"Wala syang maalala sa mga kalokohang pinaggagawa nya noon! Kung umasta sya ay akala mo hindi namin sya kilala!"**

DEMENTIA: Dementia is a loss of brain function that occurs with certain diseases. It affects memory, thinking, language, judgment, and behavior.* (=

"I-Ibig mong sabihin... g-gangster rin sya?!" biglang tanong ko.

"Gangster?? Hahahahaha gangster ba ang tawag satin!? Mmm.. kung yun ang tingin mo samin edi sige hehehehehe.." si Yago.

"E-Edi gangster nga si Maxpein??" tanong ko at huminga naman ng malalim si Mallyu.

"Tsk.. mahirap ipaliwang yung kay Maxpein.. Tulad ng sinabi ko kanina ay may sarili syang patakaran sa isip nya.. May mga sinasabi syang hindi mo inaasahan.. Masyado syang matalino para kalabanin mo sa salita.. kaya wag ka nalang magtanong hehehehehehe.. Alamin mo na lang hehehehehehe.."

"S-Sabi nyo mag-ingat ako sa kanya??" nakangusong tanong ko.

"Mag-ingat ka lang.. hindi ko naman sinabing atrasan mo sya.. hehehehehe.."

"H-Hindi naman ako aatras.." hindi nagpapahalatang kabadong sagot ko.

"Bago ka magsalita sa kanya.. siguraduhin mo munang pinag-isipan mong maige ang sasabihin mo.. Bawat kilos mo ay mababasa at maiintindhan nya.. Kaya pinag-iingat kita.." nakangisi pang usal nya at saka tumingin sa mga kamay ko. **"Tulad ngayon.. halatang kabado ka.. Nadagdagan lang ang nalalaman mo sa kanya.."**

Naibaba ko ang kutsara't tinidor ko at saka naiilang na tumingin sa kanya.

"Kailangan mong maging matalino kapag sya ang kausap mo kung ayaw mong maging barado.. At isa pa.. bakit si Maxpein ang haharapin mo kung mas madali namang tirahin yung nasa paligid nya..???"

"A-Anong ibig mong sabihin??" tanong ko na naman.

"Haaayyy Gonza.. binatilyo ka pa ngang talaga hahahahaha.. Bibigyan kita ng magandang halimbawa!!!"

Hindi ako sumagot at nakinig lang kay Mallyu.

"Si Enrile.."

"E-Enrile??" tanong ko at tumango naman sya.

"Si Enrile.. ang pinakamagandang halimbawa.."

"A-Ano si Enrile??"

"Kung gusto mo talagang makaganti kay Maxpein, si Enrile ang dalihin mo.."

dO___Ob

"B-Bakit si Enrile?? D-Dahil ba nanliligaw sya kay Maxpein??"

"Mmm.." tango ni Mallyu. **"Kung ako ang tatanongin mo.. hindi mo kakayanin si Maxpein.. hahahahahahaha! Baka tignan ka lang ng masama nun kumaripas ka ng takbo! Hahahahahahaha!"**

"E-Ehh n-nanliligaw lang naman----pano kung wala syang pakialam don!?"

"Imposible yon.."

"P-Pano mo nasabi??"

"Hahahahahaha.. kung walang pakialam si Maxpein don, hindi na sya madidikitan non.."

"A-Ano naman ang pwede kong gawin kay Enrile??"

"Ano pa ba?? Edi yung mga normal na away lalake.. hahahahahahaha! Uurong ang bayag non sayo! Hahahahaha!"

"S-Sigurado ka?!"

"Gonza.. wag kang kabahan.. Hahahahahahaha si Enrile lang yun.."

"P-Pero----"

"Tsk.. walang pero pero sabi e!"

"S-Sige.." kabadong sang-ayon ko na lang.

Kilalang kiala talaga nila si Maxpein.. sa tingin ko ay kailangan kong maniwala sa kanila..

Nagtuloy tuloy ang usapan namin at nagtuloy lang ang pagtatanong ko tungkol sa pagkatao ni Maxpein at ganon na rin ni Enrile.

Nang biglang..

"Mallyu! Mallyu! Yago!"

Napatingin kami sa likuran namin nung may biglang tumawag sa kanila.

Napatayo si Mallyu at hinarap si Choco.

"Oh.. boss?!" tawag ni Mallyu kay Choco na sinipat pa ang mukha nya!

Bakit ganyan itsura nyan!?

May pasa ang labi nya at basag ang isang ngipin nya sa harapan!

"Anong nangyari sayo?!" tanong ni Yago kay Choco.

"Tang*nang Enrile yon! Sya may kasalanan nito!"

Ano?!

"Ha?!" hindi makapaniwalang tanong nila Mallyu at Yago!

"Sinugod nya ako kanina at tatlong beses akong sinapak at isang beses na sinipa ang mukha ko! Dinala pa ako sa Clinic kaya ngayon lang! Tang*na ano!? Titirahin na ba natin?! Hindi pwedeng ganito lang 'to pare.. hindi ako papayag!"

"Oh e anong gusto mong gawin naten?" nakangising tanong ni Mallyu!

Tama ba talaga 'tong pinasok ko??

Kinabahan ako lalo sa mga naririnig ko!

Natatakot ako sa mga nakikita kong ekspresyon ng mga mukha nila dahil hindi yun normal na ekspresyon ng isang tao! Ekspresyon yon ng isang demonyo!

"Tapusin nyo na.. sawang sawa na ako sa mukha nya.. Kaya ayoko ng makita pa sya.." nanginginig ang mga bagang at nanlilisik ang mga matang bulong ni Choco kay Mallyu at saka tinalikuran kami.

TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!

Tsk.. sana lang wag kang mapahamak dyan sa ginagawa mo pre..

"Tsk.. sana lang wag kang mapahamak dyan sa ginagawa mo pre..

Nagpaulit-ulit sa tenga ko yung huling sinabi sakin ni Jermayne habang patuloy sa pagkabog ang dibdib ko!

Nagulat pa lalo ako nung biglang humarap sakin sila Mallyu dahilan para bahagya akong mapatalon paatras.

"Oh?? Hahahahahaha.. anong nangyari sayo??" natatawang tanong pa sakin ni Yago.

"A-Ahh.. h-hahaha.. wala.." natatawa rin kunwaring tanong ko.

"Narinig mo ba yung sinabi ni Boss?"

"H-Ha??"

"Narinig mo ba kako yung sinabi ni Boss??"

"A-Ahh oo.."

"Edi.. hindi mo na kailangang alalahanin si Enrile ngayon??? Hahahahaha.. dahil sya na talaga mismo ang target natin.. Pumili ka

na lang sa iba pang mga kaibigan ni Maxpein hehehehehe.."

"Sinabi kong walang pero pero di ba??" seryosong tanong ni Mallyu sa mismong mukha ko matapos nyang dakmain ang mukha ko sa iisang kamay nya lang!

Parang tangang tatango tango ako sa kanya bilang sagot!

Hinabol ko pa ang hininga ko nung bitiwan nya ang mukha ko!

"Malaking magbayad si Choco, Gonza.. kaya naman.. hinding hindi ka magsisisi sa gagawin mo.." dagdag pa ni Yago. **"Kaming bahala sayo.."** nakangising sabi nya pa.

"Sige na.. mauna na muna kami.. tatawagan ka na lang naming mamaya kapag may balita na.." si Mallyu.

"S-Sige.."

"Salamat sa libre mo.. masarap naman kahit papano.."

Hindi na nila inintay na makapagpaalam ako dahil isa-isa na nila akong tinalikuran at saka sila naglakad papalayo..

Nanlulumong napaupo ako sa kinauupuan ko kanina..

Badtrip!!!! Sana nga ay tama 'tong pinasok ko..

Nagpaalam na muna ako sa kahera'ng babalik na lang mamaya para sa bayad at saka ako umalis at bumalik sa GYM..

Muli akong nakaramdam nang galit nung makita kong lumapit si Enrile kay Maxpein dahil tapos na pala ang laban..

"Oh?? Ang tagal mo naman??"

Napalingon ako sa likuran ko.

"A-Ang bilis namang natapos ng laban?? K-Kumain lang ako ah?? Natapos agad?!" sabi ko na tumingin pa kunwari sa relos ko.

"Tambak e.." nangingiting sabi Jermayne. **"Ang daya mo naman.. kumain ka na?! Wala akong pang lunch e.."**

Naiiwas ko ang paningin ko sa kanya.

"S-Sumabay ka na lang muna kila Coach na kumain, utang ka na lang sa Canteen.." sabi ko sa kanya.

"E ikaw?"

"Kumain na nga ako di ba?"

"San ka tatambay?"

"Sa room na lang muna ako.."

"E bakit hindi ka na muna sumama samin!? May laro pa tayo oh.."

"H-Hindi na.. sa room na lang muna ako.." sabi ko at parang nagtaka naman sya.

"Sige.. ikaw bahala.. Puntahan ko muna sila Coach.."

"S-Sige sige.."

Nung tumalikod sya ay tinignan ko pa sya palayo..

Sana kasing cool mo na lang ako pre.. na kahit na anong hirap ng buhay, nakakangiti..

DEIB'S POV

Mabilis na natapos ang laban..

PANALO!

"Wooooooohhh!"

"Anggaliiiinnnggg!!!"

"Cooooongraaaaaats!!!"

"Ang galing ng BIS!"

"Sobra!"

"Lupet!"

"Goooo BIS!"

"Let's goooo BIS!"

"Anggaling mo Deib!"

"I loooove youuu Deib!"

"We loooove youuu Deib!"

Nginitian ko ang audience at nagtilian sila pero hindi ko na pinansin at iniwan ko sina Lee at Tob na panay ang kaway sa mga bumabati at nagsisigaw ng pangalan nila.

Agad akong lumapit kay Taguro.. Inalis ko yung mga bag sa tabi nya at tumabi ako sa kanya..

"Pagod.." usal ko pa at saka isinandal ang likod ko sa bench..

Agad na lumapit si Michiko kay Tob para abutan ng towel 'to at tubig!!!

Kaya naman nakangusong nilingon ko si Taguro..

"Pssstt.." mahinang tawag ko sa kanya at nilingon nya naman ako saka ako ngumiti..

Inginuso ko sa kanya sila Michiko at Tob na kasalukuyan ng nagiging sweet dahil pinupunasan ni Michiko ng pawis si Tob.

Taka naman akong nilingon ni Taguro..

Malapad ang mga ngiting iginanti ko sa kanya..

"Tss.." inis syang tumungo at naghalungkat sa bag ko.

Heheheheheheheh.. nakukuha rin pala sa tingin ang isang Taguro?! Tsk tsk tsk..

"Oh.."

IBINATO NYA ANG TOWEL SA MUKHA KO!

"May sarili namang kamay iuutos pa.. batugan.." dinig kong bulong nya pa!

"A-Ano kamo?!" inis na bulong ko! **"A-Alam mo ba kung anong ibig sabihin nung pagpapacute ko!? Ibig kong sabihin ay ganon ang gawin mo!"** sabi ko na nakaturo kila Michiko at Tob!

"Edi si Michiko ang utusan mo.. bakit ako!?" mayabang na tanong nya at saka iniiwas ang paningin nya!

"A-Ang slow mo!" inis na sabi ko sa kanya!

"Tss.. e pano.. ang bilis mo.."

"W-What!?" inis na tanong ko pero ngumisi lang sya kaya naman napangiti na rin ako!

"OMG.. are they in a relationship!?"

"No.. Heeelll noooo!!! Don't say that Martina!"

"But look at them! They're so sweet!"

"I said no! Not with Deib!"

"And not with that Taguro trash!"

Inis akong nilingon yung mga nagbubulungan pero wala na sila!

Mga peste!

"Oh my God!!! What is she doing here?!"

"Halaaaa!!! Ano ngang ginagawa nyan dito?!"

"At nakauniform pa ah!?"

"OMG.. mukhang lalapitan nya si Deib!"

Gulat akong napatingin kila Lee at Tob nung magmadali silang lumapit sa harap ko kaya naman nilingon ko kung saan sila nakatingin at..

Bigla akong napatayo sa nakita ko!

Kumurap kurap pa ako para masiguro kung tama ang nakikita ko at..

Hindi ako nagkakamali!!!!

SI YSAY!!

Nasa harap ko!!!!

"Hi Deib.."

NGANGA!!!

Lahat kami ay napanganga nang sa hindi inaasahan ay makita namin si Ysay at nakauniform pa ng BIS!!!

"Oh my.. don't tell me mag-aaral na ulit sya dito sa BIS?!"

"Nako, Judyel! Hindi pwede! Hinding hindi pwede!"

"Jerk, look! Ysay's here!"

"OMG Sydney.. nakakatakot sya!"

"Sinabi mo pa!"

"Ang tigas naman ng mukha nyang magpakita dito!?"

"At nag-uniform pa ang luka-luka!"

"Duh?! Ano ka ba naman, Jeriza! Hindi ba't luka-luka nga sya?! Wag ka ng magtaka kung bakit nag-uniform pa yan hahahahaha baka akala nya hindi sya papapasukin!"

"Matalino pa rin e noh?! Hahahahahahaha!"

Dinig ko pang bulungan nung ibang tao habang ako ay nananatiling nakanganga kay Ysay!

Anong ginagawa ng baliw na 'to dito!!!!!

"I said, Hi Deib.." ulit nya.

"A-Ahh.. A-Anong ginagawa mo dito!?"

"I just wanna see you.." nakangiting sagot nya.

"A-And??"

"And congratulate you.. and your team mates.."

"H-Ha?"

"Hahahahaha are you scared to see me??"

"N-No.."

"Then why are you asking why I'm here?? Hahahaha.."

"Because I didn't expect to see you here.. dahil akala ko nasa rehab ka??"

"Yes.. may kasama naman ako.." sabi nya na itinuro ang mga magulang nya. **"Nabanggit nila saking interhigh ngayon kaya naman dumaan ako para mapanood ka.."**

"B-Bakit nag-uniform ka pa??"

"Namiss ko e! Hahahahahaha!!!"

Baliw talaga..

"Oh.. hi there, Maxpein!"

Gulat ako lalong tumingin sa kanya nung sulyapan at batiin nya si Taguro!

Agad na tumayo si Taguro at humarap sa kanya.

"It's nice to see you again, Ysay.." nakangiti munit pormal na usal ni Taguro sa kanya.

"Nice to see you too.." nakangiting sabi nya pa at saka biglang napalitan ng pag-aalala ang mga ngiti nya. **"W-What happened to your face?"** nag-aalala talagang tanong nya.

"Tulad pa rin nung dati.." nakangiting sagot ni Taguro at nagulat naman si Ysay at bahagyang natigilan.

"Hindi ka pa rin ba lumalaban?" parang naaawang tanong ni Ysay kay Taguro!

Nilingon ko si Taguro at ngumiti lang sya sa kanya!

"How have you been?" biglang tanong ni Taguro!

Iniba nya ang usapan!

Saglit na napailig si Ysay pero nagsalita rin..

"Mmm.. minsan okay.. minsan hindi.." nakangiting sagot nya kay Taguro. **"Buti ka pa.. maayos makipag-usap sakin.. Samantalang 'to si Deib.."** ngumuso pa sya sakin. **"..kapag tulad mo ang kausap ko, ramdam na ramdam kong baliw ako hahahahahahaha.. Hindi naman kita aanuhin ano ka ba.."** biro nya pa sakin kaya bahagya pa akong lumayo sa kanya. **"You look good together.."** biglang sabi nya pa.

"Kayo na ba?" nakangiti pang tanong nya na kay Taguro nakatingin.

"Mukha ba?" nakangiting tanong ni Taguro sa kanya.

"Hahahahaha.. I'm happy for you.." sinserong sabi ni Ysay!

Hindi ako lalo makapaniwala sa narinig ko!

Bakit ganyan sya makipag-usap kay Taguro ngayon?!

Tinignan ko sya mula ulo hanggang paa! Kung hindi ko lang alam na may sapak sya at kung makikita ko sya ng ganito ay hinding hindi ko talaga iisiping may sakit sya!

Sana ganyan na lang sya noon pa.. tsk tsk..

"I'm happy for you too.." nakangiti at pormal pa ring usal ni Taguro sa kanya. **"Sana magtuloy tuloy na ang paggaling mo.."**

"Sana nga ay may chance pa akong gumaling, Max.." sabi ni Ysay at saka ngumiti. **"Hindi na siguro ako magtatagal kasi ilang oras lang akong in-allow na lumabas.. It's really nice seeing you again.."**

"Mmm.." sang-ayon ni Taguro at saka humarap si Ysay sakin.

"Masaya ako at nakita ulit kita, Deib.." si Ysay.

"A-Ahh oo.." naisagot ko at natawa naman sya ng bahagya pero seryoso.

"Mauna na ako.."

"I-Ingat ka.." sagot ko.

"Salamat.. kayo rin.."

"Ingat.." si Taguro kay Ysay.

"Thank you, Max.."

"Mmm.."

"Don't worry.. makikita rin nila na mabuti ang puso mo.." bulong pa ni Ysay kay Taguro at saka kumaway paalis.

Pinanood namin sya papalapit sa Mommy nya at saka sya muling kumaway samin bago tuluyang lumabas..

"Whew.." biglang sipol ko at saka ako huminga ng malalim. **"Hindi ko inaasahang makikita ko sya ngayon dito.."** bulong ko pa.

"Anong ginawa nun dito?!" si Parrot.

"A-Ahh.. g-gusto nya lang daw akong makita.."

"Buti nakalabas sya??"

"Mmm.. pinayagan daw ata sya.."

"I see.. hindi man lang nag-hi sakin e.. hahahahaha!" biro nya pa at hindi ko naman naiwasang mapangiti ng palihim.

Bumilib na naman ako sa ugali nila..

Hindi ba talaga ugali ng magkaibigang 'to ang magtanim ng galit?!

Sana ganyan rin ako..

"Tara kain.." biglang yaya ni Tob. **"Nagutom ako sa kaba nung makita ko si Ysay hahahahaha!"**

"Mukhang okay naman na sya??" si Lee.

"Mood shifting.. okay sya ngayon.." nakangising sabat ni Taguro at napatingin naman ang lahat sa kanya.. **"Ganon ang sakit nya.. papalit palit ng mood.."**

"A-Ahh.. kaya ba okay sya ngayon??" si Lee.

"Mmm.. at maaaring magbago yun anytime.. kaya siguro hindi rin sya nagtagal dito.. Okay yun, matalino si Ysay.. kaya aware sya sa sakit nya.."

"Kawawa pa rin e noh??" si Parrot.

"Bakit naman?!" si Migz.

"Kasi syempre.." mukhang naaawang usal ni Parrot. **"..sa edad nyang yon?? May sakit syang ganon?? Tsk.. imbes na nag-eenjoy sya sa buhay nya.. Tsk tsk tsk.."**

Napatingin ako sa linakaran ni Ysay kanina at naisip ko ang sinabi ni Parrot.

Tama sya.. Sa edad na yon ni Ysay ay ganon ang naging sakit nya..

"Tara.. nagugutom na ako talaga!" yaya ulit ni Tob kaya naman muli ko na lang itinuon kay Taguro ang atensyon ko.

"Tara??" nakangiting yaya ko kay Taguro at tumango naman sya.

Marami pa rin ang nagbubulungan sa paligid namin pero hindi na namin pinansin..

Dumeretso kami agad sa Canteen at marami rin ang bumubulong don kaya naman pinaggitnaan namin ni Lee si Taguro.

"Ako na oorder.." biglang sabi ni Lee pagkaupo namin. **"Samahan mo ko Tob.."**

"Sige sige.. dyan na muna kayo.."

At nagpunta sila sa line. Saka ako tumingin kay Taguro at ngumiti sa kanya.

"Okay ba yung laro ko??" nakangiting tanong ko sa kanya.

"Mmm.. okay naman.."

"Ang galing ko di ba??"

"Tss.. purihin ba sarili!?"

"Oo naman hehehehehe.. kasi.. ilang araw akong walang laro.. Pero tignan mo naman, pagbalik ko wala pa ring sablay!" pagyayabang ko. **"May laro ka mamaya??"**

"Mmm.. isa lang.."

"Papanoorin kita hehehehe.."

"Ikaw bahala.."

Wala talagang kwentang kausap!

Pero nginitian ko pa rin sya..

"Alam mo bang.." mahinang sabi ko pa. Yung tipong sya lang ang makakarinig dahil abala naman yung ibang kasama namin sa pag-uusap. **"..simula nung magustohan kita e ngayon pa lang kita makakasabay maglunch dito??"** mahinang tanong ko.

"T-Talaga??" takang tanong nya at tumango naman ako kaya napailing pa sya.

"Kaya naman.. papayagan kitang subuan ako kung gusto mo talaga hehehehehe.."

"Sige ba.. kung lason naman ang isusubo ko sayo e.. why not??"

"Ang brutal talaga ng ugali mo.." inis na bulong ko pa sa kanya. **"Bakit hindi ka na sweet sakin??" inis na bulong ko pa rin.**

"E kelan nga ba kasi ako naging sweet sayo??" bulong rin nya.

"Nung nasa Palawan tayo.."

"Mmm.. hindi pa ba sweet 'tong nakakasama mo ko? Tss.. swerte mo na nga e.."

Kapal..

"Anong sweet dyan?! E nakakasama naman kita parati!"

"E anong gusto mo?? Maglakad ako habang nakayakap sayo!? Wow.."

Nagulat ako pero bahagya ring natawa!

"Tss.." singhal nya nung marinig ang bungisngis ko.

"Namimiss mo yung yakap ko?"

"Eh??"

"Yung yakap ko.. namimiss mo ba??"

"Tss.."

"Uuuuyyy.. namimiss mo no??" pang-aasar ko sa kaya.

"Manahimik ka.."

"Uyyy namimiss nya hehehehehe.. Kung namimiss mo, ihahatid kita mamaya.. yakapin mo ko hangga't gusto mo.." nakangising dagdag ko.

"Ang tigas ng mukha mo.."

"Hahahaha ang lambot naman ng mukha mo.." nakangisi pa ring sagot ko at saka tinignan ang kabuuan ng mukha nya at muli na naman akong nainis nung makita ko ang mga pasa nya! **"Ihahatid kita mamaya ah?"**

"Bakit?"

"Gusto ko e.."

"May dala akong motor.."

"Edi ipapakuha ko ang motor mo.."

"Wag na.."

"Gusto kitang makasama e.."

"Saka na.."

"Namimiss na kita e.."

"Tss.. maya't maya mo na akong kasama namimiss pa rin!?"

"Oo naman.. kung pwede nga lang kitang dikitan magdamag, ginawa ko na.."

"At bakit mo naman gagawin yon?! Abnoy.."

"E kasi nga.. gusto kita.. Engot!" nakangusong sagot ko sa kanya at hindi naman sya nakasagot.

Hahahahahaha tumatak na naman siguro sa utak nya yun!

"Max.." biglang singit ni Michiko.

"Mmm..??" si Taguro.

"Bakit hindi mo pa sagutin si Deib??" nakangiting tanong ni Michiko!

Ang cute talaga ni Michiko hahahahahahahahaha..

"E bakit hindi mo pa sagutin si Tob??" natatawang tanong rin ni Taguro sa kanya dahilan para matawa si Michiko sa kanya.

"Hahahahahahahahaha.. sasagotin mo ba si Deib kapag sinagot ko si Tob??" mahinang tanong pa ni Michiko at nagkibit-balikat naman si Taguro saka nakangising tumingin sakin saglit. **"Yiiiieeeee.. sasagotin ko si Tob kapag nagchampion sila.."**

"S-Seryoso ka??" tanong ko kay Michiko at tumango naman sya bago magsalita!

"Mmm.. hihihihihi wag kang maingay na sinabi ko sayo Deib ah??" kinikilig pang sabi nya at napatango naman ako!

Swerte naman ni Tob..

Ibig bang sabihin nyan e.. sasagotin rin ako ni Taguro kapag sinagot na ni Michiko si Tob!?

Napatingin ako kay Taguro at binigyan sya ng nuknukan ng tamis na ngiti!

"Tss.." singhal na naman nya sakin.

"Bakit nga ba hindi mo pa sagutin teh?!" nanunuksong tanong pa ni Migz.

"Minamadali ka na ng mga kaibigan mo.." bulong ko pa kay Taguro pero hindi nya ako pinansin.

"At least.. may knight in jersey unifom ka na hahahahahaah.." biro naman ni BJ.

"Hahahahahhahahahahaha.." tawanan nilang lahat.

Hindi pa rin nakasagot si Taguro at panay lang ang ngiti sa kanila.

"Nako teh.. kung ako yan.. nako hahahahahahahahaha! Sagot agad!" si Migz.

"E kaso.. hindi naman ikaw.." natatawang sagot ni Taguro.

"Ayun nga lang hahahahahaha.."

"Hindi naman ako minamadali ni Sensui e.. di ba?" tanong pa sakin ni Taguro at sinuklian ko naman sya ng matamis na ngiti. **"Aabot rin kami dyan.."**

****TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!****

"Yiiiiieeeeeeee!!!!" panunukso pa nila kaya naman hindi ko na napigilan ang mapangiti kay Taguro.

Maya maya naman ay dumating sila Lee at Tob kaya nag-umpisa na kaming kumain.

"Bukas anong oras ang laro nyo?" tanong ni Lee kay Taguro.

"Isa lang sa umaga.."

"Mmm.. kami rin.. isa lang sa umaga.."

"Gala tayo after.." yaya ni Tob.

"Mmm.. may lakad ako.." si Taguro.

Naalala ko yung sinabi nyang may aatenan silang party ni Randall!

Badtrip naman..

"San ang punta mo?" tanong ni Parrot kay Taguro.

"Dumating si Tim.." sagot ni Taguro sa kanya at nakinig naman kami sa usapan nilang dalawa.

"Tim?"

"Sales.."

"Oh?!"

"Mmm.. ang totoo e niyaya lang ako ni Randall, invited daw k-kami sa party nya.."

"San?"

"Sa TB.."

"Oh?! Edi pwede pala akong sumama?!" excited pang tanong ni Parrot.

"Mmm.. kilala mo naman sila e.. Ikakasal na daw sila ni Nessa."

"Wooowww!! Nagkatuluyan sila?!"

"Malamang.. ikakasal na nga e, di ba?!"

"Psh.. pero wooooww.." namamangha pang sabi ni Parrot. **"Hindi ko akalaing magkakatuluyan sila heheheheheh.. sama ako ah!?"**

"Geh.."

"Sama rin natin sila.."

Napatingin ako kay Parrot at kinindatan nya naman ako.

"Sa TB naman yun e.. pwede kaming pumwesto sa iba.." nakangising dagdag pa ni Parrot.

"Kayo bahala.."

"Oh.. narinig nyo yun ah?! Pwede tayong sumama hehehehe.."

"Saan naman yang TB na yan teh?!" biglang tanong ni Migz at nagkatinginan naman sila Parrot at Taguro.

"D-Don kami nagtratrabaho.." sagot ni Parrot.

"H-Ha?!" sila Michiko, Migz at BJ.

Bakit parang nagulat pa sila?! Hindi ba nila alam na may trabaho ang kaibigan nila?!

"Mmm.. nagtratrabaho kami ni Max don kapag gabe.. Kaso hindi man lang kami nakapasok ng maayos don dahil andaming nangyari.. Tulad na lang nung naaksidente ako.. hindi ako nakapasok nun.. at saka kapag may ganitong events tayo, hindi kami nakakapasok.."

"Ano naman ang TB na yan!?" si BJ.

"The Barb ang tunay na pangalan nun.. Kaibigan namin ang may ari.." at saka tumungo si Naih na umastang parang bubulong. **"..pero ang pinaalam namin kila Dean e kamag-anak ko ang may ari nun.."** at saka sya muling umayos sa pagkakaupo. **"Nahahati yun sa apat na lugar kasi kaya hindi namin pwedeng sabihin kung anong kabuuan ng TB.. ang alam nila ay Coffee Shop at Restaurant lang yun pero ang totoo ay may Gaming Spot at Bar yun.."**

"Oh?" gulat na tanong ni BJ.

"Mmm.. at malamang.. sa Bar ng TB magpaparty yung kaibigan ni Max.. Syempre.. inuman yun.."

"E pwede ba naman tayo don!?"

"Oo naman.. tulad nga ng sabi ko.. kaibigan naman namin ang may ari.. Lahat ng crew don, tropa rin namin ni Max.. Mga students rin ang tambay don.. karamihan ay mga taga-SIS.. mga coño heheheheehe.."

"Talaga?!"

"Mmm.. sama kayo ah?! Anong oras ba bukas Max?"

"Hindi ko alam.. hindi nabanggit ni Randall.." si Taguro.

"E anong oras tayo pupunta?!"

"Uwian.."

"Ngek.. edi nakauniform tayo!?"

"Edi magpalit.."

"Pano kung hindi na payagan umalis 'tong mga 'to?!" turo ni Parrot kila Migz, BJ at Michiko.

"Edi magbago na lang sila ng damit.."

"Seryoso?!" tanong ni Migz.

"Kayo.. kung gusto nyo talagang sumama e.." nakangiting sagot ni Taguro sa kanila.

"Sige sige heheheheheh gusto ko yan!"

At pinag-usapan namin ang mangyayari bukas..

Magdadala na lang ng damit yung tatlong kasama nila at ganon na rin kami nila Lee at Tob. Sila Taguro naman ay uuwi na lang daw muna at sa TB na lang kami magkikita kita..

Mabilis na tumakbo ang oras at laro na nila Taguro..

Mabilis kaming pumwesto malapit sa table nila Taguro.. halos nasa harap ko lang sya..

Pinanood ko syang punasan ang tako nya ng basahan at ang cute cute nya!

Ang angas talaga ng kilos nya at akala mo ay walang pakialam sa mundo..

Hindi nya ugaling lingunin ang mga tao'ng nasa paligid nya at panay kay Naih at sa kalaban lang nakatuon ang atensyon nya.

Nagkamayan sila nung kalaban nila.. at maya maya lang ay nagsalita na sa mic yung announcer at referee na nagpaliwanag ng rules and regulations ng laro nila..

Pero ang nakatawag pansin ko ay ang maiingay na bulungan at malalakas na sigawan ng mga taong nandoon!

"Hindi na ako natutuwang panoorin sila!"

"Oo nga.. naturn off na ako kay Maxpein!"

"Hindi na sya si Maxpein! Sya na ulit si Taguro!"

"Haaaayy nako.. sana hindi na lang natin nalaman yung tungkol sa kanya!"

Dinig na dinig namin ang mga bulungang yun mula sa mga taga-BIS na nandon..

"Grabe.. ang paplastik nila.." biglang sabi ni Michiko at nilingon ko naman sya. Nakanguso sya kay Tob. **"Hindi kasi nila kilala si Max e.."**

"Wag mo na lang pansinin.." sabi ni Tob sa kanya.

"Naaawa lang kasi ako kay Max.."

"Bakit naman? Matapang si Max.. hindi nya kailangan ng awa natin.. Suporta ang kailangan nya.." bulong pa ni Tob pero dinig ko.

"E kasi.. hindi naman dapat dinaranas ang ganito.. E ano naman kung half child lang sya?? Di ba!?"

A-Anong half child?!

Nalito ako pero hindi ko na lang pinansin!

"A-Ahh hehehehehe.. h-hindi kasi nila naiintindihan.." naiilang na sagot ni Tob.

"Haaayy sana maging okay na ang lahat kay Max.. excited na ako sa love life nila ni Deib heheheheheh.."

"E bakit satin hindi ka ba excited??"

"Yiiiieeee ikaw naman e!"

Buti pa si Michiko kinikilig kay Tob! Badtrip!

At saka ako ulit napatingin kay Taguro at napabuntong-hininga habang pinapanood ko syang pag-aralan ang mga bola..

Kailan kaya kita makikitang kiligin ng ganon kay Michiko?! Tch!

Asa pa, Deib! Asa!

"Ikaw, Lee?! Kailan mo popormahan si Parrot?!"

Gulat akong napalingon kay Lee dahil sa tanong na yun ni Tob!

"Hahahahahahahahah!" mahinang tawa ko.

"A-Ano!?" maang-maangang tanong ni Lee.

"Hahahaha.. o bakit!?" si Tob,

"Tsh.. shut up, Tob.."

"Wushuuuuu.. alam mo ba dre?! Nung wala kayo.. panay ang tawag sakin nyan! Kabadingan, dre! Maya't maya ang tawag at alam mo kung anong tinatanong?!" natatawang tanong sakin ni Tob kaya natawa rin ako at tumingin sa kanya.

"Ano?! Hahahaha.."

"Tinatanong kung kumusta na daw ba kayo!"

"Hahahahaha.. anong sagot mo!?"

"Aba'y gago! Kasama ba ako?!" sigaw pa nya kay Lee at saka ako natawa sa itsura nya!

"Hahahahahahahahahahaha!" malakas na tawanan naming lahat!

"Tsh.." singhal ni Lee na halatang naiilang na!

"Hahahaha bakit nga ba kasi hindi mo pa pormahan dre?!" bulong ko kay Lee.

"I don't like her.."

"Weeeehhh!?"

"A-Anong weh?! Come on, Deib.. don't believe that shiiit.." duro nya kay Tob!

Hahahahahah iba na 'to.. hindi ganito magsalita si Lee e..

Kaya naman alam kong naiilang na sya hahaha!

"Ssshhkkk.. kilala mo ko dre.. hindi ako nang-aasar kung wala akong napapansin.." nakangising birada ni Tob.

"Hahahahahah.. ano ka ba, Tob.. hayaan mo na muna si Lee na marealize yung tunay na nararamdaman mo.. wag mong pangunahan hahaha..." sabat ko.

"Ulul.. kung hindi ko pa ipamukha sayong may gusto ka kay Max, hindi mo rin malalaman!"

Siraulo talaga 'to!

"Hahahahahahhahahaahaha!" nagtawanan kami at saka nagpauloy muli sa panonood..

"Sabi nga pala ni Naih, may pasalubong sya satin.." biglang sabat ni Migz at napatingin kami sa kanya.

"Oh?" tanong ni BJ.

"Mmm.. sabi nya.. fresh from Palawan daw e hehehehehe.."

"Yiiieee excited na ako.." si Michiko.

"Kailan nya naman kaya ibibigay?! Hahahahaha.. baka hindi na fresh yun kapag natanggap ko.." biro pa ni Migz.

Napatingin ako kay Taguro at muli kong naalala yung mga nangyari sa Palawan..

Yung sweetness nya..

Sweet lang sya sakin kapag kaming dalawa na lang.. Tch! Kapag may ibang tao, nawawala yung sweetness nya!

Sabagay.. iba yung kilig kapag kaming dalawa lang e hahahahahahahaha! Mas nailalabas ko, at hindi ko pinipigilan hehehehehehe..

Pinagmasdan ko sya habang tumitira at..

Napalunok ako nung makita kong magkagat-labi sya..

Andwae!!!

Ano ba 'tong naiisip ko!

Muli kong ibinalik ang paningin ko sa kanya at normal na ulit ang itsura nya!

Hindi ko maiwasang alalahanin yung lambot ng mga labi nya..

Nahalikan na rin naman ako ni Kim pero bakit ganon?! Hahahahahahaha pakiramdam ko sya ang first kiss ko!

Siguro dahil.. ako talaga ang kusang humalik sa kanya?! Hindi tulad ni Kim na hinalikan ako hehehehehehe..

Alam kong malambot rin ang labi ni Kim pero hindi tulad ng kay Taguro.. hindi ko maalala yung pakiramdam nung halik ni Kim.. hindi ko matandaan yung lambot ng mga labi nya..

Maaaring natatandaan ko noon.. pero hindi na ngayon bwahahahahhahahaha! Binura na nung halik ni Taguro ang memorya ko..

"Lupeeeet talaga!" biglang sigaw ni Tob dahilan para mabalik sa reyalidad ang isip ko!

"Waaaaaaaaaaaaa!!!"

"Kahit anong inis ko anggaling nya pa rin talaga!"

"Oo nga e!"

"Haaayyysss sana lang magchampion pa rin ang BIS!"

"Oo dahil maraming magagalit lalo sa Taguro brothers kapag hindi sila nagchampion!"

"Ang galing talaga nila ano?!"

"Mmm.. lalo na si Maxpein.. grabe.. ubos ang bola oh!"

"Sana manalo pa rin sila.."

"Kapag naglalaro sila, nawawala yung inis ko hahahahahaha.."

"E bakit nga ba kasi nakikisali tayo sa galit nung ibang tao sa kanya!? Psh.. pakialam ko ba kung hindi sya anak ng Moon!? Hahahahaha ang cool nya kaya gusto ko sya!"

Napangiti ako sa mga narinig ko nung huli kaya naman namamangha na namang napatingin ako kay Taguro.

Dahil sa pagiging totoo mo.. nagugustohan ka ng mga tao..

"Kyaaaaaaaaaa!!!"

"Let's goooo BIS!"

"Pucha hindi na nakatayo yung kalaban!"

"Panaloooo na yan!"

"Galingan mo pa Taguro!"

"Tapusin na yan!!!"

"Goooo Parrot!!!"

"Yown.. bumalik ang fansclub ni Max.." biro pa ni Tob.

"E magaling naman kasi talaga sila, ang cool kaya nilang tignan.." si Michiko.

"Oo at sana mawala na ang mga bully.. Nako nako.. sasabihin ko talaga 'to kay Dean.." si Migz. **"Hindi na ako papasindak sa Maxpein, kailangan nya na talagang malaman 'to.."**

"Don't worry, sasama kami.." nakangiting sabi ko sa kanya at ngumiti rin sya.

Mabilis na tumakbo ang oras at madaling natapos ang laban nila Taguro. Hindi man lang nakapuntos ang kalaban nila sa kanila.. 9-0 ang score kaya naman ganon na lang ang papuri'ng natanggap nila sa kalabang school.

"Grabe.. anggagaling nyo! Idol!" sabi nung isa sa mga kalaban nila Parrot.

"Nako.. aabot ka rin dyan.." nakangiting sagot ni Parrot sa kanya. **"Practice lang hehehehehe.. Noon ay napakalala ko sa paglalaro ng**

bilyar! Ultimong spot ay hindi ko maihulog hahahahaha.."

"Sana makatambay kami sa tambayan nyo minsan para makapagpaturo naman kami sa inyo.."

"Sige lang.. alam nyo naman yung The Barb di ba?! Yung bilyaran makalampas dyan!?"

"Ayy.. hindi na ba kayo sa Luna naglalaro??"

Bigla kong naalala..

Minsan ng nabanggit ni Taguro'ng nagbibilyar sya noon sa lugar ng Luna!

Kinabahan ako pero hindi ko yun pinansin!

"Hindi naman ako natambay don, sya lang.." turo ni Parrot kay Taguro. **"Sa TB na kami naglalaro ngayon, minsan may tournament don.. hehehehe.. punta kayo.."**

"M-Mahal yata don e??" nahihiya pang tanong nung babae.

"Nako.. hindi ah! Bayad mesa naman e hehehehe.."

"Talaga!?"

"Mmm.."

"Sige sige.. pupunta kami don ah!?"

"Mmm.. nandon kami bukas after nitong interhigh.."

"Sige sige.. pupunta kami.. A-Ako nga pala si Katherine.."

"Ako si Janice.." sabi naman nung isa.

"Mmm.. ako si Zarnaih at sya naman si Maxpein.." turo ni Parrot kay Taguro.

"Mmmm kilalang kilala na namin kayo hehehehe sikat kayo e hehehehe.."

"Mas sikat sya hahahaha.. sige.. nice meeting you.."

"See you tomorrow idol!"

"See you rin idol! Hehehehehe!" sabi pa ni Naih sa kanila at saka kumaway.

Mabilis akong tumayo at lumapit sa kanila..

Tiningala naman ako ni Taguro na medyo abala sa pag-aayos nung mga gamit nya.

"Ako na mag-aayos nyan.." nakangiting sabi ko.

"Hindi na.."

"Sige na.." pagpupumilit ko.

"Bitbitin mo na lang 'to.."

At iniabot nya sakin yung lalagyan ng tako nya..

"Aww ang sweet.." si Naih.

"Gusto mo tawagin ko si Lee para bitibitin yun sayo?!" biro ko kay Naih at sumimangot naman sya agad at naglakad papunta sa likod ko.

Nakangiting humarap ulit ako kay Taguro at pinansin ko ang tako nya.

"Bakit hindi mo pa yan ilagay dito??" tanong ko.

"Mmm.. lilinisin ko pa.." sabi nya at saka binuhat yung tako nya at yung tubig nya at umikot na rin para makalapit sakin.

Sabay sabay kaming naglakad papalabas nung venue nung biglang..

"A-Ahh!"

Napatingin ako kay Taguro!

"B-Bakit?!" tanong ko pero hindi nya ako nilingon kaya naman napatingin ako sa tinitignan nya at..

"C-Choco!?" naiusal ko habang salubong ang kilay ko! Nakangisi sya at kay Taguro nakatingin! Kaya naman taka akong pinagmasdan sya at nagulat ako nung makita kong..

HAWAK NYA ANG TAKO NI TAGURO!!!

"Akina yan.." matigas na utos ko kay Choco pero nginisian nya lang ako.

Itinaas nya pa ang tako ni Taguro at kunwari pang iwinagayway ni Choco sa ere!

"H-Hoy! Ibalik mo yan!" biglang sigaw ni Parrot na sumugod kay Choco at pilit na agawin yung ng biglang..

~PPPLAAAAAAAAAAAAGGG!!!!~

INIHAMPAS NI CHOCO ANG TAKO SA MUKHA NI PARROT!

Dahilan para mapaatras ito at mapahawak sa mukha nya!

"Hey!" sigaw ni Lee at mabilis na lumapit kay Parrot! **"Are you okay?! Let me see.."** nag-aalalang sabi pa ni Lee pero hindi ko na sila pinansin at muling tumingin kay Choco!

"Ano na naman ba 'to!?" inis na tanong ko sa kanya pero..

"Wag kang sumali dito kung ayaw mong magaya sa kanya.." mayabang na itinutok ni Choco sa mismong mukha ko ang dulo ng tako ni Taguro dahilan para mapaatras pa ako!

"Aaaaaaaaayyy!"

"Oh my Goooodd!! Muntik nya ng tamaan si Deib ko!"

"OMG! Guyyyys look!"

"Oh my gosh! What is he doing!"

"Si Choco, nanggugulo na naman!"

"Hala! Hawak nya yung stick ni Maxpein!"

"Hala syaaaa... mahal yun!"

"Anong ginagawa nya!?"

"Why is he doing this?!"

"Nanggugulo na naman ang Choco na yan!"

"Please, call the security!"

Dinig na dinig ko ang sigawan ng mga babae pero hindi ko magawang pagtuunan ng pansin yun dahil kinakabahan ako sa pwedeng gawin ni Choco!

Pakiramdam ko ay ihahampas o itutusok nya samin ano mang oras yung tako ni Taguro kapag lumapit kami! Kaya naman panay ang layo ko!

Pero pano na yung tako ni Taguro?!

Kahit kabado ay sinubukan kong lumapit pero..

"Wag kang lalapit.." mahinang usal ni Taguro dahilan para matigilan ako at mapatingin sa kanya. **"Akina yan.."** pormal na utos ni Taguro sa kanya.

"Kuhanin mo.." parang batang buyo pa ni Choco kay Taguro.

"Akina sabi.." utos pa rin ni Taguro.

"Kuhanin mo, Taguro.."

At sa isang lingon ko ay nahagip ng mata ko si Gonza na tatawa tawa pang pinapanood sila Taguro at Choco!

Nung magtama ang paningin namin ay mabilis syang naglakad papalapit sa amin!"

"Hahahahahahahahaha.. kuhanin mo na Taguro!"

"Akina sabi e!"

"Hoy Choco ano ba?! Ibigay mo na!" sigaw ni Tob!

"Wag ka ngang makialam dito, Tob?! Baka gusto mong tuhugin ko nito ang Michiko mo?!"

"A-Anong sabi mo----!!!!!" sigaw ni Tob sa kanya na akmang susugurin sya pero mabilis ko syang pinigilan!

"Tob.." bulong ko. **"Kalma lang.."** sabi ko pa dahil bakas ang galit sa mukha ni Tob.

"Tob.. Tob.. please.. w-wag ka ng sumali.." si Michiko.

"Oh my God.. tara BJ.. tumawag na tayo ng tulong.." si Migz.

"Tara.." si BJ.

"Choco.. ano na naman ba 'to??" sabat ni Lee.

"Isa ka pa.. manahimik ka kung ayaw mong madamay!" panduduro nya kay Lee!

Badtrip!

"Huling pakiusap ko sayo.. akina ang tako ko.." pormal na usal ni Taguro dahilan para matigilan si Choco at dahan dahang tumingin sa kanya..

Unti-unting nawala ang mga ngiti at ngisi sa mukha ni Choco at napalitan ng nakakatakot na seryosong itsura!

Ano na naman ba ang ginagawa nya!?

Wala talagang kadala dala!

"Akina.. ang.. tako.. ko.." pormal na pakiusap pa ni Taguro sa kanya na inialok ang kamay nya!

Bahagyang lumapit si Choco sa kanya at kinabahan ako!

"Taguro.." bulong ko pa na sumunod malapit sa kanya!

Pero kusang lumapit si Taguro sa kanya at iniabot ang kamay nya para kunin ang alok ni Choco sa tako nya ng biglang...

"Tagurooooo!" sigaw ko pero..

~PLAAAAAAAAAAAGGG!!!!~

HULI NA ANG LAHAT!!!!

"Waaaaaaaaaaa!"

"Aaaaaaaayyy!"

"Grabe ka Choco!"

"Tigilan mo na yan!"

"Please tumawag kayo ng security!!!!"

Inihampas ni Choco kay Taguro ang tako at tinamaan sya sa bandang likuran ng ulo nya dahil mabilis nyang naiiwas ang mukha nya nung makitang hahampasin sya ni Choco!

Mabilis nyang nilingon si Choco pero..

~PLAAAAAAAAAAKKK!!!!~

"Oh my God.."

"Holy cow.."

"Ugh!"

BINALI NI CHOCO ANG TAKO NI TAGURO!!!

Parang huminto ang paligid at ang lahat ng mga mata namin ay natuon kay Choco at ang baling tako ni Taguro..

"Ayyy.. nabale??" kunwaring nagulat pang sabi ni Choco sa mismong mukha ni Taguro!!! Kitang kita ko kung paanong nanlumo si Taguro sa

nakita nya!

*Tang*naaaaaa talagaaaaaaaaaaaa!!!!*

"Tsk.. sayang.. akala ko matiba----huk!!"

Hindi natapos ni Choco ang sasabihin nya nung bigla syang dakmain sa kwelyo ni Taguro!

"Taguro!" tawag ko sa kanya!

"Max!" sila Lee, Tob at Michiko!

"Max!" si Parrot!!!

Kitang kita ko ang panggigigil sa mga kamay ni Taguro habang dakma dakma sa kwelyo si Choco!!

Ayun na naman yung mga galit nyang mata at bakas talaga ang pagkapikon sa mukha nya!

"Bitiwan mo ko!"

"Ilang beses kitang pinakiusapan di ba?" mahina munit dinig kong tanong ni Taguro sa mismong mukha ni Choco!

"Hahahahaha.. at bakit naman kita pakikinggan!?"

Mabilis na inagaw ni Taguro yung baling tako kay Choco at...

"Maaaaaxxx!!!" sigaw ni Naih!!!

Pero huli na ang lahat!

HINAMPAS NI TAGURO SA MUKHA NI CHOCO ANG ISA SA BALING TAKO!!!

"Oh my Goooddd!!!"

"Magsumbong na kayooo!"

"Gulo na naman 'to!"

"Halaaaa!"

"Bakit nila ginagawa yan!!!"

Natumba si Choco sa lakas ng pagkakahampas ni Taguro ng tako sa mukha nya at hindi pa man nakakatayo ay lumuhod si Taguro gamit ang isang tuhod sa sahig at iniharang ang isang parte ng baling tako sa leeg ni Choco.

"Alam mo ba kung anong halaga nito!?" galit talagang tanong ni Taguro kay Choco!

"A-Anong p-pakialam k-ko?!" hirap munit nakangising sagot ni Choco! **"Ugh!!"** singhal nya pa nung diinan ni Taguro ang pagkakasakal sa kanya!

"Kulang pang pambayad ang titulo ng bahay mo sa tako na 'to alam mo ba yon!?"

"Masyado kang mayabang!"

"Oo at may iyayabang pa!"

"Tignan na lang natin, Taguro kung hanggang saan ka ngang talaga.."

"Kalalaki mong tao.. ang tigas ng mukha mong manganti ng babae.." bulong ni Taguro sa kanya.

"Bakit?! B-Babae ka b-ba!? H-Hahahahahahaha! Ugh!"

Dinidiinan ni Taguro ang pagkakaharang nya sa leeg ni Choco twing aasarin sya nito!

"T-Taguro tama na.." awat ko pero hindi sya nakinig sakin!

"Tumayo ka dyan.." utos ni Taguro at saka sya naunang tumayo!

Takang napatingin si Choco sa kanya at saka dahan dahang tumayo!

"Hup!!!" singhal pa ni Choco nung saluhin nya ang ibinatong kalahating tako sa kanya! "**A-Anong gagawin ko dito?!"** tanong nya pa kay Taguro.

Hawak ang kalahati pang tako ay dahan dahang naglakad si Taguro paikot kay Choco at saka humito nung nakatalikod na samin si Choco at nasa tabi nya na si Gonza.

"Ito ang gusto mo, di ba?" nakangiti munit bakas ang galit na tanong ni Taguro kay Choco!

"Fvck! Gulo 'to!" si Parrot na biglang tumayo! **"M-Max! Tama na! Tara na!"** sigaw nya pero hindi sya pinansin ni Taguro! **"Max! A-Ano ba?! Tigilan nyo na!"**

"Tignan natin kung hanggang saan ang kaya mong gawin.." madiing pagkakasabi ni Taguro at saka isinenyas pa ang kanang kamay nya na animong pinapapalapit sa kanya si Choco!

Ano bang ginagawa nya!? Nababaliw na ba sya?!

Pinatunog pa ni Choco ang leeg nya sa kaliwa't kanan at saka umastang makikipagboksing habang hawak sa kanang kamay ang kalahating takong ibinato ni Taguro sa kanya at...

"Yaaaaaaaaa!!!!" sigaw pa ni Choco na mabilis na tumakbo papalapit kay Taguro!

"Taguro!!!" tawag ko pero..

Mabilis na nakailag si Taguro sa pagsugod na ginawa ni Choco at inihampas ang makapal na parte ng tako sa batok ni Choco dahilan para matumba ito!!!

"T-Taguro!" mabilis akong lumapit sa kanya pero nasalisihan nya ako dahil mabilis syang pumunta sa likod ni Choco at itinuon ang isang tuhod

nya sa likod ni Choco at muling ipitin ang leeg ni Choco gamit angkalahating takong hawak nya!!!

Hinahampas ni Choco ng dalawang kamay ang lupa para tigilan ni Taguro ang ginagawa nya!

"Taguroo!!!"

"Max! Tama na! Baka mapatay mo sya!!" sigaw ni Parrot!!

MAX'S POV

"Matuto kang sumunod, hangga't may *'awa'* pa ko.. Dahil kapag naubos ang pasensya ko.. ubos rin ang hininga mo.." madiing usal ko kay Choco na patuloy ang paghampas ng dalawang kamay nya sa lupa na senyales na suko na sya!!!!

"MAXPEIN!!"

Dahan dahan kong niluwagan ang pagkakasakal ko kay Choco nung marinig ko ang pamilyar na boses na yun at saka ako dahan dahang ring tumayo..

Pilit ko munang kinalma ang sarili ko at pinabagal ang hininga ko bago ako tuluyang lumingon sa kanya! Pinalilibutan na kami ng napakaraming estudyante mula sa iba't iba school na animong nagshushooting kami!

SI MAZE!

Mabilis syang naglakad papalapit sakin at...

~PAAAAAAAAAAAKKK!!!!~

Halos umikot ang ulo ko sa lakas ng pagkakasampal na yon!

"Oh my God.."

"Nakakahiya.."

"Kailangan ba talaga nilang gawin dito yan?"

"Sino ba yan?"

"Sya si President Maze Moon, Mommy ni Taguro.."

"Hindi ba't ampon sya?"

"Sinong may sabi sayo!?"

"Kumakalat ang issue na yon.."

"Hindi ah.."

"Anong school ka ba??"

"SIS.. Ikaw?!"

"BIS.."

"Seesh.. at ang alam dito sa inyo.. ampon sya?!"

"Silenceeee!!!" sigaw ni Maze sa dalawang babae'ng nag-uusap malapit samin!

"S-Sorry po Miss President.." paumanhin nung isa sa kanila.

Nananatiling sa kanan nakaharap ang mukha ko dahil sa lakas ng pagkakasampal ni Maze ay hindi ko nagawang humarap agad!

Daig ko pa ang nastiff neck sa sakit!

Munit sa posisyon kong yun ay kitang kita ko si Gonza..

Si Gonza na gulat na gulat sa kasalukuyang nakikita nya..

Ngayon.. malalaman mo ang lahat..

"How dare you bring such trouble in here!!!" malakas na sigaw ni Maze dahilan para dahan dahan kong iharap ang ulo ko sa kanya munit iniwasan ko pa ring tignan ang mga mata nya! **"What do you think you're doing?! Fighting in the middle of the day!? Anong pumasok dyan sa kukote mo!? You know that there are many schools in here at ipinapakita mo sa kanila ang ugali mo?! Hindi mo man lang inisip kung anong iisipin nila sayo! Sesanghe!"**

Translation: SESANGHE literally means "IN THE WORLD".. But usually when a Korean says it, it means something like "WHAT IN THE WORLD?" or "OH MY GOD!".

"Hindi ka ba nahihiya?! Na ganyan ang ipinapakita mong ugali sa mga kaeskwela mo at sa ibang estudyante mula sa ibang paaralan na nandito sa school mo! Hindi ka man lang namili ng lugar para makipagbasag-ulo!" sigaw na naman ni Maze pero hindi ko sya pinansin at pinunasan ko ang labi ko dahil pakiramdam ko ay dumugo na naman yun sa lakas ng pagkakasampal nya! **"Look at yourself! You have bruises all over your face at hindi wala ka man lang kadala dala!!! Kailan ka ba matututo'ng mahiya, Maxpein!!!"**

"Wala akong pakialam kung anong tingin nila sakin, dahil ang mahalaga ay kung anong tingin ko sa sarili ko.." mayabang na sagot ko dahilan para pandilatan nya ako!

"I really can't believe you!!" namamangha pa kunwaring usal nya at saka pinandilatan ako ng mga mata! **"Paano mo nakukuhang maging arogante sa twing sisitahin ka sa mga maling ginagawa mo?! Ha?! Bakit ba lumaki ka ng ganito!"**

"Wala kang nakita kaya wag kang magsalita!" sigaw ko rin sa kanya at nabigla sya! **"Bakit rin ba hindi mo nakasanayang magtanong bago magbunganga?!"**

"How dare you!"

"Eto na naman tayo, Maze e.." pilit pinapakalma ang sariling sabi ko. **"Kung tinanong mo muna sana ako bago ka nanampal, hindi naman kita sasagutin ng ganito.."**

"Sagutin mo ako hanggang kailan mo gusto dahil sanay akong hindi mo nirerespeto! Pinanganak ka ng bastos kaya hindi na ako magtataka kung ganyan ka sumagot sakin!"

Napatungo ako at pilit na pinakalma ang sarili ko.

"Let's just talk some other time.. I'm not in the mood.." mahinang sabi ko at saka umastang lalampasan sya munit mabilis nyang hinawakan ako sa braso at pabato'ng iniharap na naman sa kanya!

"I told you.. ampon sya.."

"OMG.."

"So, its true!?"

"Oo nga! Ampon sya!"

"Hindi sya tunay na anak!?"

"Oo!"

"Seryoso?!"

"Oh my God.."

"Hindi sya tunay na Moon!"

"Hindi na ako magtataka kung bakit ganyan sila mag-usap.. Ampon sya!"

Dinig na dinig namin ang bulungan ng nasa gilid at talaga namang kitang kita ko pa kung paanong pinakinggan ni Maze ang sinasabi nung mga students na yon!

Pinagkrus ni Maze ang dalawang braso nya at saka natatawa kunwaring tumingin sa akin..

"Ampon?! Where the heck did that came from!?" mahinang tanong nya sakin at sinulyapan ko naman si Gonza. Pero hindi ko sya sinagot!

Natatawa syang hinarap yung mga babae'ng nagbubulungan na napaatras pa nung makitang humarap si Maze sa kanya! Lumatay ang takot sa mga mukha nila!

"Who said that?" mataray at seryosong tanong ni Maze sa kanila pero walang nagsalita ni isa! **"I heard what you said.. all of you.."** dagdag nya pa at nagsipaglunukan naman sa takot ang mga kababaihang hinarap nya. **"I'm asking you nicely.. who.. said.. that??"**

"S-Sya po.."

Tinuro nila si Gonza na mas mukhang natakot sa ginawa nila!

Nagtatakang nilingon ni Maze si Gonza at tinignan mula ulo hanggang paa!

Tignan natin kung uubra ka kay Maze.. Tss..

Bakas ang takot sa mukha ni Gonza nung harapin sya ni Maze!

"You're from Luna?"

"Y-Yes.." nanginginig ang boses na sagot ni Gonza.

Talagang tinignan ko sya at pinanood ang mga reaksyon nya.

"You told them that Maxpein is adopted??" natatawa pa kunwaring tanong ni Maze sa kanya.

"D-Dahil yon ang narinig ko.."

Bahagya akong nagulat sa paraan ng pagsagot ni Gonza kay Maze.

Bastos.. parang ako..

"Do I know you?" tanong ni Maze.

"Hindi.."

"Then why do speak that way to me?" sarkastikong tanong ni Maze sa kanya. **"Do you know I deserve to be respected?!"**

"I'm sorry.."

"So... saan mo naman napulot ang sinasabi mong adopted si Maxpein?"

"S-Sabi ng kaibigan ko p-po.."

"Sinong kaibigan naman?? Ito??" turo ni Maze kay Choco pero mabilis na umiling si Gonza.

"H-Hindi po.."

"E sino??"

"M-Mga schoolmate ko po.."

"Naniwala ka naman?"

"Haaaaa...????"

"Aaaaahhhh....???" nag-ingay ang mga nanonood na akala mo nanghinayang sa narinig nila.

"OMG.."

"Ang gulo na.."

"Hindi ko na alam kung sinong nagsasabi ng totoo.."

"Syempre kay President Moon ako! Sya ang Nanay e.."

"Sabagay.."

"Edi ibg sabihin tunay na anak si Taguro!?"

"Ano pa nga ba!"

Muling nilingon ni Maze ang mga nagbulungang yun at nginitian nya sila ng plastik na ngiti..

"She's not my daughter.."

TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!

Mabilis na kumabog ang dibdib ko kasabay ng atungal ng mga nanonood!

"Anggulo!"

"Ano ba talaga?!"

"Sino ba talaga si Taguro!"

"She's not her daughter?! Edi ampon nga sya!"

"Oh my God.. revelations ito.."

"OMG.. should I pity her?"

"Of course not! She deceived us!"

Tinignan lang ni Maze ang mga nagsasalita sa mga nanonood at saka...

"Hahahahahahahahaha!!!!" malakas na tumawa ng nakakalokong tawa si Maze!

Tss..

"She's my step-daughter.." biglang seryosong sabi ni Maze na nakatingin ng deretso sa mga mata ko.

"Ooooohhh..."

"Aaaahhhh..."

At malakas na umugong ang ingay sa paligid..

"Oh my God.."

"Step-daughter?"

"Pano nangyari yon!?"

"Edi iba ang Mother nya! Ano ka ba! Ang tanga mo naman!"

"E-Eh kasi..."

Hindi ko alam kung bakit kinilabutan ako sa sinabing yun ni Maze. Uminit bigla ang mukha ko at hindi ako makatingin sa mga taong nanonood sa amin..

Dinig na dinig ko ang lahat ng sinasabi nila at masakit sa tenga ang sabay sabay na bulungan nila..

Naitungo ko ang sarili ko ulo ko at bumilis ang tibok ng puso ko..

Hindi ko maintindihan kung bakit ginagawa nya 'to..

"That means hindi totoo'ng ampon sya.. Hindi ko sya anak pero anak sya sa ibang babae ng Ex-Husband ko kaya naman.. kahit papaano ay may dugong Moon sya.." seryosong sambit ni Maze na kay

Gonza nakatingin ng deretso. **"Pero para malinawan kayong lahat.. *'Anak sya sa pagkakamali ng asawa ko'*.."** nakangisi pang dagdag nya.

Napatingin ako kay Gonza at naiwang nakanganga ang bibig nya..

Hindi sya makapaniwala sa narinig nya..

At saka sya dahan dahang tuminigin sakin at nagtama ang paningin namin. Kitang kita ko ang namuong pagtataka at pagkagulat sa mga mata ni Gonza. Naiwang nakabuka ang bibig nya, patunay na hindi sya makapaniwala sa narinig nya.

"Kailan mo ba planong ayusin ang buhay mo, Maxpein! Kung hindi ka nahihiya sa mga tao'ng nasa paligid mo parang awa mo na makaramdam ka naman ng hiya para sa amin!" biglang malakas na sigaw sakin ni Maze dahilan para mapunta'ng muli sa kanya ang atensyon ko.

"Sa ginagawa mo ba, sa tingin mo hindi mo hinihiya ang sarili mo?" mahinang tanong ko at nanlaki na naman ang mga mata nya. **"Kailangan mo ba talagang sabihin sa kanila kung anong katayuan ko sa pamilya nyo?"** pigil ang hikbing dagdag ko dahil sa halu-halo'ng emosyong nararamdaman ko.. gusto ng pumatak ng mga luha ko. **"Ano na naman ba'ng nangyayari sayo at kailangang umabot pa tayo sa ganito??"** mahina pa ring tanong ko.

"Dahil hindi ko na matiis ang gulo'ng ginagawa mo!" malakas na sigaw nya!

"Wala kang nakita Maze.." mahina pa ring sabi ko. **"Hindi mo alam kung paanong nag-umpisa.."**

"Kailangan ko pa bang alamin kung paanong nag-umpisa at kung anong nangyari, e kilala naman na kita?! Alam ko kung anong klaseng pag-uugali ang mayron ka---bakit kailangan ko pang magtanong sa kanila?! Malamang ay nanggulo ka na naman!"

"Pero hindi mo na kailangang banggitin pa'ng hindi mo ako anak at anak ako sa *'pagkakamali'* ng dating asawa mo.."

"Why??? Are you embarrassed, Mazpein!?" sarkastikong tanong nya! **"You shouldn't be embarrassed because that's the truth!"**

Huminga ako ng malalim at bahagyang tumingala para hindi tumulo ang mga luha..

DEIB'S POV

Hindi ako makapaniwala sa mga nakikita ko..

Hindi ko alam kung paanong nagagawa ni President Moon kay Taguro ang ganito..

Bakit kailangang hiyain nya ng ganyan si Taguro!?

Hindi ba sya nakakaramdam ng hiya para sa sarili nya?!

Nakaramdam ako ng matinding awa kay Taguro.

Mukha syang kawawa sa naging itsura nya at halatang pinipigilan nya lang ang emosyong nararamdaman nya..

"Ikinahihiya mo ba ang katotohanan, Maxpein??" nakakalokong tanong pa ni Maze nung hindi makasagot si Taguro.

"Hindi ko naman yun ikinakahiya.." nakangisi munit pormal na usal ni Taguro at saka tumingin sa mga mata ni Maze. **"Iba ang napapahiya sa pinapahiya.. Napapahiya ako sa ugali mo dahil p-pinapahiya mo ko.."**

Kitang kita ko kung paanong lumungkot ang mga mata ni Taguro at dinig na dinig ko kung paanong gumaralgal ang boses nya..

Hindi ko na napigilan ang sarili ko!

Mabilis akong naglakad papalapit kay Taguro.

"T-Tama na po.." nilakasan ang loob na usal ko at gulat na tinignan ako ni Maze. Agad ko namang naitungo sa kanya ang ulo ko. **"I-I'm sorry M-Miss President pero.. h-hindi nya naman kasalanan.. Wala syang kasalanan.."** sabi ko at saka kinuha ang kalahating tako na hawak ni Taguro at saka tumingin kay Choco na nakaupo na sa sahig at nakatungo. **"Lumapit sya'ng bigla sa amin at binali nya ang tako ni Taguro kaya nya nagawa yon.."** paliwanag ko at tumingin naman si Maze kay Choco ng masama.

Agad na napatungo si Choco nung magtama ang paningin nila ni Maze. Tinignan pa ni Maze ang kalahating takong hawak ni Taguro at yung kalahating hawak rin ni Choco. At saka muling tumingin sakin..

"And who are you?"

"P-Po???" tanong ko.

"Who are you??"

"I-I'm Deib Enrile.."

"And??"

And??? And what!?

I'm Deib Enrile and that's all!

Demmit!

Kinabahan ako ng matindi dahil sa talas ng mga tingin ni Maze at nanginig ang mga kamay at boses ko dahil nakaramdam ako ng matinding

hiya sa ginagawa nya!

E ano pa kaya kanina si Taguro?! Tsk!

Panindigan mo yan, Deib.. Tch!

"I-I'm her suitor.."

"Suitor??" pagkukumpirma pa ni Maze.

"Y-Yes.. M-Miss President.." mahinang sagot ko.

Naitungo ko ang paningin ko dahil hindi ako makatingin ng deretso kay Maze..

Nung muli ko syang tignan ay nakangisi na sya ng nakakaloko sa amin.

"Is that so?" nakakalokong tanong nya pa.

"Y-Yes.. Miss President.."

"Hmmm.." sabi nya pa at saka tumingin kay Taguro. **"Nakukuha mo pang magpaligaw sa kabila ng mga kalokohan mo? Tsk tsk tsk.."** sabi nya at saka ngumisi. Humarap sya sa mga nanonood na nandoon. **"Kung ginugulo kayo ng step-daughter ko, wag kayong matakot magsumbong sa akin.. Ako ang didisiplina sa kanya.."**

WTF???????

Walang kwenta!

"Pero kung kayo man ang nanggugulo sa step-daughter ko.." biglang seryosong sabi nya at natigilan naman ako, ultimong si Taguro ay iniangat ang paningin at tinignan sya. **"..hindi ko sagutin ang buhay nyo sa mga magulang nyo.."** madiin at malakas na dagdag ni Maze at saka tinalikuran kami.

Anong ibig nyang sabihin?!

Pinanood ko pa sya habang naglalakad sya papunta sa Dean's Office at nung tuluyan syang makalayo ay saka ako mabilis na pumihit paharap kay Taguro.

"Are you okay!?" tanong ko sa kanya at itinago naman nya ang lungkot sa mukha nya.

"Kung ikaw ang nasa sitwasyon ko.. magiging okay ka?"

"T-Taguro.."

"Sinabi ko naman sayo.. wag kang makikisali sa gulo ko.. Mahirap bang intindihin ang pakiusap ko!?"

Mahina ang pagkakasabi nya pero pakiramdam ko narinig ng buong mundo!

Nakaramdam ako ng matinding hiya at naiiwas ko ang paningin ko sa kanya.

Sinundan ko sya ng tingin nung lumapit sya kay Choco at higitin ang kalahating parte ng takong hawak nito.

"Malayo pa lang.. kapag nakita mo ko.. Umiwas ka na.." mahinang sabi ni Taguro sa kanya. **"Dahil sa mga ganitong oras.. masarap maging kriminal.."** usal nya at saka tumayo at naglakad papalayo.

Mabilis naman akong pumihit papasunod sa kanya munit natigilan ako nung mahagip ng paningin ko si Gonza. Nagkatinginan kami at mabilis nya rin iniiwas ang paningin nya. Saka ako sumunod kay Taguro at kasunod namin ay ang mga kaibigan namin.

Dumeretso sya sa Billiard Hall at mabilis kaming sumunod sa kanya. Lalo na si Parrot.

"Max, okay ka lang?" nag-aalalang tanong ni Parrot sa kanya munit mabilis na humarap si Taguro sa kanya at bakas ang galit sa mukha nya!

Masama ang tingin ni Taguro kay Parrot at hinahabol nya ang hininga nya.

"Ilang beses ko ba'ng sasabihing wag kang sasali sa gulo ko, Zarnaih!?" galit talagang tanong ni Taguro at natigilan si Parrot. Huminga muna sya ng malalim matapos ay lumunok at saka tumingin sa kanya.

"E-Eh kasi.. n-nag-aalala lang naman ako sayo kanina e.. N-Nabadtrip lang rin ako kay Choco dahil alam ko kung gano kaimportante sayo yung tako mo----"

"Kaya tignan mo ang nangyari sayo!" malakas na sigaw ni Taguro sa kanya.

Natahimik ang lahat matapos nung sigaw ni Taguro na yun..

Hindi ko sya maintindihan..

Kahit anong pilit kong pang-intindi ay hindi ko maintindihan kung bakit kailangang magalit ni Taguro sa knaya ng ganyan..

"M-Max.. gusto ko lag namang t-tumulong e----"

"Hindi ko kailangan ng tulong mo.." pormal at seryosong usal ni Taguro sa kanya dahilan para mag-iba ang ekspresyon ng mukha at mood ni Parrot.

"Ano?!" inis na tanong rin ni Parrot sa kanya.

"Hindi ko kailangan ang tulong mo.." ulit pa ni Taguro at mas nainis si Parrot sa kanya! **"Dahil ito ang iniiwasan ko, Naih.. Ang masaktan ka sa twing ako ang nasa gulo.."**

"At anong gusto mo?! Panoorin ka lang namin!?"

"Oo.. hangga't maaari, oo.."

"H-Ha!" hindi makapaniwalang usal ni Naih at saka nakakalokong ngumisi kay Taguro. **"Sinong tanga'ng kaibigan naman ang panonoorin kang bugbugin!? Ha?! Sabihin mo sakin! Lahat ng kaibigan, tutulungan at tutulungan ang kaibigan nya kapag kailangan!"** sigaw ni Parrot sa kanya at tumingin naman ng masama si Taguro sa kanya! **"Mas gugustuhin kong masaktan dahil tinulungan kita kesa maging kumportable ng hindi ka man lang natulungan! Hindi kakayanin ng kunsensya kong pagbigyan ang pride mo, Maxpein.. Mas pipiliin kong mapahamak kasama ka kesa makaligtas at panoorin kang sinasaktan nila.."**

"Hindi rin kakayanin ng kunsensya ko kapag napahamak ka dahil dyan sa pakikigulo mo.. Hindi tayo pareho Naih.. magkaiba tayo.." maikling sagot ni Taguro at saka lumabas ng Hall na yon.

"T-Taguro.." habol ko sa kanya pero mabilis akong pinigilan ni Lee.

"Hayaan muna natin sya.." si Lee.

"Pero Lee, pano kung may mangyari na naman sa kanya don??" nag-aalalang tanong ko.

"Hayaan mo na sya.. Kaya nya namang mag-isa e.." mapait na sabi ni Parrot at saka tumalikod sakin.

Hindi ko sya pinakinggan at sinundan ko pa rin si Taguro!

Kasama nya si Randall!

Mabilis akong naglakad papalapit sa kanila!

Nakatalikod sakin si Taguro at ultimong si Randall ay hindi nakita ang paglapit ko..

Hawak hawak ni Randall ang mukha nya at bakas ang pag-aalala sa mukha nya!

Badtrip!

Nakaramdam ako ng matinding inis at.... inis lang!

Anong ginagawa nya dito!?

"Sinong gumawa nito sayo?!" malakas na tanong ni Randall sa kanya! Pilit naman inaalis ni Taguro ang mukha nya sa pagkakahawak ni Randall! **"Maxpein, tell me.. who did this to you?!"**

"Napaaway lang.." pormal na sagot ni Taguro sa kanya.

"Tell me.. sino!?"

"Bakit? Anong gagawin mo sa kanila kapag nalaman mo?!" seryosong tanong ni Taguro at natigilan si Randall. **"Kaya ko na ang sarili**

ko.. hindi mo na kailangang mag-alala.." dagdag nya at saka nilampasan si Randall.

"Maxpein!" habol ni Randall sa kanya na mabilis na hiwakan ang braso nya. **"Just tell me who are they.. ako na ang bahala.."**

Sya na ang bahala?! Bakit naman?! Ano nga kayang gagawin nya?!

"Wag ka ng makialam.."

"Maxpein!" sigaw ni Randall sa kanya! **"Sinong gumawa nyan sayo?! Bakit mo hinayaang gawin nila yan sayo!"**

"Bakit mo rin ba ginagawa 'to!?" inis na tanong ni Taguro sa kanya!

"Dahil nag-aalala ako sayo!"

Badtrip naman talaga oh..

"Nag-aalala ako sayo at hindi ko kayang makita nagkakaganyan ka.. So please tell me, who did this to you?!"

"Schoolmates ko.."

"Who are they?!"

"Hindi mo kilala.."

"Kikilalanin ko.."

"Saka na.."

"Maxpein.."

"Wag ngayon.." pagtatapos ni Taguro sa usapan nila at mabilis na nagtuloy sa paglalakad!

Mabilis namang sumunod si Randall sa kanya kaya naman mabilis rin akong sumunod sa kanila!

Badtrip naman..

Bakit ba kasi hindi ko pa sya sinundan kanina e! Naunahan tuloy ako!

Parang nanlalambot ang mga tuhod ko habang pinapanood ko silang sabay na naglalakad..

Saglit pa akong natigilan nung makita kong pumasok sa Dean's Office!

Anong gagawin nila dyan!?

Hindi ko na pinatagal pa at lumapit na rin ako at...

Eh?!

Sarado!?

Sumilip ako sa glass gamit pa ang dalawang kamay ko at...

Nagtatakang tinignan ako ni Maze!!!!

Mabilis kong nailayo ang mukha ko sa pagkakasilip sa glass door at tumalikod!

Badtrip! Bakit nila ni-lock!?

~EEEEENNNNKKKKKK~

Ramdam at dinig kong bumukas ang pinto!

"Anong ginagawa mo dito?!"

Si Taguro!

Dahan dahan akong humarap sa kanya at pilit na ngumiti..

Ang lahat ng nasa loob ay nakatingin rin sakin!

"Naebu iriwa.." dinig kong sabi ni Maze.

Translaton: Let him in..

Hindi na nagsalita si Taguro at itinabi na lang ang sarili nya para makapasok ako.

At doon ko nakita ang lahat ng nandoon!

Bukod kina Taguro, Randall at Maze ay nandoon rin syempre si Dean! Pero hindi ko inaasahang nandoon rin pala ang Daddy ni Taguro, si Chairman Moon, si Maxrill at si Maxwell!

Taka silang tumingin sakin at nakaramdam naman ako bahagya ng pagkapahiya!

Nilampasan ako ni Taguro at saka tumayo sa tabi ng Daddy nya kung saan nakaharap sya kina Chairman and President Moon.

"Anja.." si Chairman Moon kay Taguro.

"Aniyo, gwanchannayo.." sagot ni Taguro sa kanya.

Translation: "Sitdown.." and "No, it's okay.."

"What happened to your face?" pormal na tanong ni Chairman Moon. Hindi sya nakatingin kay Taguro at kasalukuyan syang nagsasalin ng inumin sa baso'ng may yelo. **"Tell me what happened.."** malumanay na utos pa ni Chairman Moon.

At kinuwento ni Taguro mula umpisa hanggang sa nangyari kanina ang lahat ng nangyari simula nung wala ako hanggang ngayon..

Nagulat ako sa mga kwento nya at nakaradam ako ng matinding awa na naman sa kanya!

"So you're saying na hindi mo pa sila pinapatulan nyan?!" si Maze. **"Sabagay.. dahil kung pinatulan mo sila.. maaaring isa sa kanila ngayon ay nag-aagaw buhay na.."** ngingisi ngisi pang dagdag ni Maze.

Kinabahan ako.

"Hindi ako mamamatay tao, Maze.." pagdidiin ni Taguro sa kanya.

"I never said that.." sarkastikong sagot ni Maze sa kanya.

Nilingon ako ni Taguro at tinignan ko naman sya.

Ano ba talagang meron ka at ganyan na lang sila magbitiw ng salita sayo??

Kinabahan talaga ako at hindi bumabagal ang tibok ng puso ko!

Andami kong naiisip munit alinman sa mga yon ay ayaw kong entertainin dahil natatakot ako..

Sana hindi sya tulad ng iniisip ko..

"Enough.." pormal pa'ng sabat ni Chairman Moon. Bahagya namang umubo kunwari si Lolo dahilan para makuha nya ang atensyon ng lahat.

"Dati ng binubully si Miss Pein dito.." si Lolo. **"Kusang huminto nung nalaman ng mga students dito na kayo ang kamag-anak nya.. According to my assistant.. may isang student from Luna University ang nagkalat na hindi tunay na anak ng mga Moon si Miss Pein that's why.... they started bullying her again.."** malungkot na sabi ni Lolo at saka tumingin kay Taguro. **"You don't deserve this.. I'm very very sorry.."** sinserong sambit sa kanya ni Lolo at tinanguan naman sya agad ni Taguro.

"Anong nangyayari sa mga students na gumagawa ng ganyan kay Maxpein?" si Chairman Moon.

"Suspension.. Minsan ng naging candidate si Choco Funtales for expulsion.. at hindi ako magdadalawang isip na ibalik sa posisyon na yon.." si Lolo.

"P-Pero Lolo.." sabat ko at tumingin naman silang lahat sakin. Lumunok muna ako bago nagtuloy sa sasabihin ko. **"K-Kung sa botohan nyo na naman po iaasa ang expulsion ni Choco, malamang ay malaki pa rin ang chance nyang magstay dito.. Marami syang kaibigan dito at ang lahat ng yun ay iboboto'ng magstay sya dito panigurado!"**

"So what are you saying?" seryosong tanong ni Lolo.

"I want him to be expelled.." deretsong sagot ko at nabigla naman silang lahat.

"A-Ano bang sinasabi mo?" mahinang tanong sakin ni Taguro pero hindi ko sya pinansin.

"T-Tulad ng sinabi ni Maxpein, kahit hindi nya pinapatulan yung mga nambubully sa kanya.. patuloy pa rin sila sa ginagawa nilang pambubully at hindi nila sya tinitigilan.. Pano sya titigilan kung makakapagstay pa rin sya dito??" tanong ko. **"Lolo.. nag-aalala ako sa pwede pa nilang gawin kay Ta---Maxpein.."**

"Hindi tayo pwedeng mag-expell basta basta sa sarili nating desisyon Deib Lohr, pwede tayong kasuhan ng mga estudyante'ng ieexpell natin.." makapangyarihang sagot sakin ni Lolo at napabuntong-hininga ako.

"Kung ganon.. wala rin palang ligtas si Maxpein sa kanya??"

"Ipapatawag natin ang parents nya at mag-uusap usap sila ng family ni Miss Pein para magkaayos na.. Sisiguruhin nating magkakaroon ng kasunduan sa pagitan ng bawat partido Deib Lohr kaya hindi mo kinakailangang mag-alala.."

Sinong hindi mag-aalala e may sa demonyo yung baboy na yon!

Magsasalita na sana ulit ako nung mahagip ng paningin ko si Chairman Moon na parang pinag-aaralan ang mukha ko..

Tinignan nya ako mula ulo hanggang paa at saka tumingin kay Taguro!

"What's your relationship with each other?" prangkang tanong ni Chairman Moon dahilan para bahagyang manlambot ang mga tuhod ko.

Etooooo naaaaaaa!!!!

Naitungo ko ang ulo ko at saka ako huminga ng malalim ng dalawang beses.. Nagtama ang paningin namin ni Taguro nung iangat ko ang paningin ko munit nananatiling blangko ang ekspresyon ng mukha nya..

Kaya mo yan Deib..

"I-I'm courting her.. C-Chairman.." kabadong sagot ko.

"Courting?" pag-uulit nya.

"Y-Yes Chairman.." sagot ko at hindi naman sya agad nagsalita.

Matagal pa muna syang tumingin sakin at saka tumingin kay Taguro at saka muling tumingin sakin!!!!

"You're familiar with Randall of course?" tanong nya at napatingin ako kay Randall at saka muling tumingin sa Chairman.

"Y-Yes Chairman.. He's in a relationship with my Ate.." pormal na sagot ko.

"And he is Maxpein's ex-boyfriend.." pormal ring sagot ni Chairman dahilan para matigilan ako.

Napatungo si Randall at Taguro habang nakatingin ako sa kanilang pareho.

Hindi ako nakasagot!

Ano bang dapat kong sabihin?!

Badtrip naman..

"Is that fine with you?"

Muli akong napatingin kay Chairman na may pagtataka..

"W-What do you mean, Chairman?" magalang na tanong ko.

"That you're courting the ex-girlfriend of your sister's boyfriend?"

Napakaprangka naman nito!

Napatingin ako kay Randall at saka ako tumingin kay Taguro.

"Y-Yes Chairman.." deretsong sagot ko. At tumingin pa muli sya sakin bago tumingin kay Taguro kaya naman tumungo na lang ako.

"Juahe??"

Translation: You like him?

Nagulat ako nung sambitin ni Chairman yun at nung pagtingin ko sa kanya ay kay Taguro sya nakatingin kaya naman agad akong tumungo muli!

Hindi ko kayang makipagtitigan kay Chairman sa mata dahil matapang ang dating ng mga mata nya!

"Malhae.." utos pa ni Chairman.

Translation: Tell me..

"He can understand Korean.." pormal na sagot ni Taguro sa kanya at nagulat naman si Chairman at napatingin sakin.

"Is that so?" tanong ni Chairman at saka tumingin sakin.

"Y-Yes Chairman.. Korean po ang Lola ko.. A-Asawa ni Lolo.." turo ko kay Lolo.

"Mmmm.." si Chairman. **"But you're not answering my question.. Geu sarami, juahe?"**

Translation: Do you like this person?

"Jal morogesoyo, Hwejang-nim.." si Taguro.

Translation: I don't know, Chairman..

"Mollasseo??" takang tanong ni Chairman.

"Hahahahahahahahahaha!!!!" biglang tumawa ng malakas si Maze dahilan para makuha nya ang atensyon ng lahat. **"At that age???"** biglang sarkastikong tanong nya habang nakaturo kay Taguro. **"Talaga ba'ng kinakailangang may boyfriend ka twing mag-aaral ka?!"**

Napatungo si Taguro!

Ramdam kong napahiya sya sa tanong na yon.

"Maze.." tawag sa kanya ni More pero hindi sya pinansin nito.

"Hahahahaha baka naman magkandabagsak bagsak ka na naman kapag iniwan ka ng lalaking yan?!"

"Maze!" si More.

Kinilabutan ako at nagsimulang manginig ang mga tuhod ko..

"Imbes na pag-aaral ang iniintindi mo.. wala kang ginawa kung hindi asikasuhin ang love life mo at ang pakikipagrambulan mo! Anong akala mo sa buhay mo?! Love Story na libro!? Na hindi aandar kung hindi makakahanap ng kapareha?! Hindi ba pwedeng magfocus sa pag-aaral mo dahil ilang taon ka na nasa high school ka pa rin!" galit na sigaw ni Maze kay Taguro!

Nakaramdam ako ng matinding guilt sa puso ko..

"Ang babata nyo pa naman.. pero ang hindi ko maintindihan kung bakit ba parang nagmamadali kayong magkalovelife! Kinakailangan ba'ng kapag nag-aaral ay may boyfriend?! May girlfriend!? Ha?! Maxpein!? Hindi ka ba makakapag-aral ng walang lovelife?! Kasama ba sa pag-aaral yan?!" si Maze pa rin. **"Hindi ako makapaniwalang sa kabila ng pakikipagbasag-ulo mo ay nagagawa mo pa ring lumandi! Wala kang pinagkaiba sa Nanay mo!"**

TUG!*DUG!

TUG!*DUG!

Naiangat ko ang paningin ko at eksaktong kay Taguro tumama ang paningin ko at kitang kita ko kung paanong dahan dahan nyang iniangat ang paningin nya at nanlilisik ang mga matang tumingin kay Maze!

"Mworago??" mahina munit madiin ang pagkakatanong ni Taguro! Bakas na naman ang namumuo'ng galit sa tono ng boses nya!

Translation: Impolite/Informal way of saying: 'What did you say??'

"Maxpein.." suway naman ni More kay Taguro pero hindi naman sya pinakinggan nito.

"Ulitin mo nga yung sinabi mo.." dagdag pa ni Taguro.

"Hahahahahahaha wag mo sabihing.. hinihiya na naman kita gaya nung ginawa ko sayo kanina?!" sarkastikong tanong ni Maze sa kanya!

Napatungo sina More, Lolo at Chairman Moon dahil bakas ang pagkapahiya sa mga mukha nila!

"Bakit?! Hindi ba?!" biglang galit na tanong ni Maze! **"Hindi ba't kaya ka nga nandito sa pamilya'ng 'to dahil nilandi ng Nanay mo ang asawa ko!? Sinira ng Nanay mo ang pamilya ko, Maxpein! Baka nakakalimutan mo!"**

"Paano kong makakalimutan, Maze? E sa twing makakaharap kita.. parati mong pinapaalala!"

"Dapat lang! Para hindi ka makalimot! Na sa pamilya'ng 'to.. sampid ka lang!"

"Maze!" si More! **"May ibang tao.."** pakiusap nya.

"Who cares?! Bakit tayo mahihiya?! E kung itong anak mo nga ay hindi nahihiyang makipagharutan habang nakikipagbasag-ulo?!" si Maze.

Bakit ba sya ganito?!

Nakaramdam na naman ako ng awa kay Taguro pero mas lamang ang hiya at guilt na nararamdaman ko!

Pakiramdam ko ay mali ang ginawa kong pag-amin na manliligaw ako ni Taguro!

Badtrip naman oh..

"Kailangan mo ba talagang banggitin sa harap ko kung anong tingin mo sa Nanay ko?!" si Taguro.

"Hahahahahaha.. at bakit?! Ano ba ang tingin mo sa Nanay mo?! May alam ka ba tungkol sa kanya??!" nakakalokong tumatawa pang tanong ni Maze.

"Wala.. pero nasisiguro kong hindi sya tulad mo.."

"Oh come on Maxpein hahahahahaha! Hindi talaga sya tulad ko dahil malandi ang Nanay mo at hindi ako! Wala kayong pinagkaiba!"

"Maze, enough!" si Chairman Moon! Pero nilingon lang sya ni Maze at saka nginitian!

"Matagal ko ng pinagbibigyan ang bata'ng 'to at hindi ko na kayang pigilan ngayon ang nararamdaman ko.. kung nagagawa mo akong bastus bastosin sa harap nila pwes! Wala akong pakialam kung malaman ng iba ang pinanggalingan mo!"

"Nakakahiya ka.." usal sa kanya ni Taguro dahilan para matigilan sya. **"Wala kang pakialam kung mapahiya ka sa harap ng isang tao basta mahiya mo lang ako?? Ginagalang ka ng mga estudyante'ng nandito pero hindi mo man pinangalagaan ang reputasyon mo.. talagang sasabihin mo pa yan sa harap ng mga nandito ngayon!?"** parang hindi pa makapaniwalang tanong sa kanya ni Taguro! **"Talaga rin bang kailangang maisiwalat mo lahat ng problema mo sakin at sa pamilya natin dito?! Dito mismo!?"** saglit pang tumingala si Taguro at saka muling tumingin kay Maze. **"Pinatawag mo ba si Randall para dyan!? Para iparinig lahat yan?!"**

"Sya ang ipinatawag ko para magamot yang mga sugat mo!" sigaw ni Maze sa kanya!

"Tss.. Mas malapit si Maxwell pero si Randall ang ipinatawag mo?? Nice.." sarkastikong sagot sa kanya ni Taguro na biglang sumeryoso at tumalim ang tingin sa kanya.

"Hahahahaha! Tignan mo nga naman ang kapal ng mukha mo, Maxpein! Inalala ka na't lahat.. nagkakaganyan ka pa?!"

"Inalala?! Pano ko paniniwalaan ang pag-aalala mo kung kanina e hindi ka man lang nagdalawang-isip na hiyain ako!"

"Come on Maxpein.. we're talking about your wounds here.."

"Pero hindi magagamot ng kahit na sino ang sugat na ginawa mo sa pagkatao ko, Maze.." madiing sagot sa kanya ni Taguro dahilan para matigilan sya. **"Sabihin mo nga sakin.."** matalas ang tinging tanong nya kay Maze. **"Hanggang kailan mo ko sisingilin sa pagkakamaling nangyari ng wala naman akong kinalaman?!"** huminga sya ng malalim munit nananatiling masama ang tingin kay Maze. **"Hanggang kelan mo ko sisisihin sa mga bagay na naganap ng wala akong kasalanan?!!!"** sigaw nya pa! **"Maze.. Nabuhay ako ng dahil sa pagkakamali pero wala akong utang sayo para singilin mo ako ng ganito!"**

"Maxpein.." si More.

"Hindi ko sinabing ituring mo ko bilang anak mo pero hindi ko rin sinabing paglaruan mo ko na parang trumpo.. Hinayaan kitang paikutin ang buhay ko.. pero wag na wag mong pagtatawanan ang klase ng buhay na kinalakihan ko.. dahil kapag ako ang nagbiro sayo.. mawawalan ng respeto sayo ang lahat ng tao.."

"Enough.." si Chairman Moon. **"Tigilan nyo na.. Tama na.."**

"Bastos.." bulong pa ni Maze.

"I said enough!" sigaw ni Chairman Moon dahilan para matigilan si Maze at Taguro at maglayo!

Ang gulo gulo..

"Gusto kong makausap ang magulang nung estudyante'ng gumagawa kay Maxpein nito.. wala syang karapatang saktan ang apo lalo na at kalalaki nyang tao! At yung taga-Luna na yon.. gusto ko syang makausap! Hindi nya ba alam na apo ng nagmamay-ari ng paaralan nila ang kinakalaban nya?!" sigaw ni Chairman Moon at agad namang nakinig sa kanya si Lolo! **"Maxpein.."** tawag nya kay Taguro na hindi man lang sya nilingon. **"Simula ngayon ay pag-aralan mong irespeto ang lahat ng nakatatanda sayo!"**

"Hindi ko magagawa yan.." pagmamatigas ni Taguro!

"Maxpein!" si Chairman!

"Iutos mo na lahat.. wag lang yan!" sigaw rin ni Taguro sa kanya!

Tumayo si Chairman at nangingilid ang luha sa galit na tumingin kay Taguro! Dahilan para mapatayo rin ang iba pang nandoon at awatin sila!

"Paano ako matututong gumalang..??" nangingilid ang luhang tanong ni Taguro. **"Kung ang tao'ng nagpalaki sakin.. tinuruan akong maging bastos!"**

"Maxpein.. enough.." si More.

Tinignan ng masama ni Chairman si Maze at saka muling naupo!

"Hindi ganito ang pinangarap ko para sa pamilya'ng ito!" biglang sigaw ni Chairman Moon! **"Sesanghe!"** habol ang hiningang sumandal sya sa pagkakaupo! **"Tigilan mo na ang pagrerebelde mo, Maxpein.. ako na ang nakikiusap sayo.. Tigilan mo na!"**

Sininghalan lang sya ni Taguro at saka tumingin sa ere!

Ang tigas ng ulo!

"Saka na tayo mag-usap.." biglang sabi ni Taguro ng hindi man lang sila tinitignan at saka lumabas!

Badtrip!

Naiwan akong nakayuko at punong puno ng pagkapahiya!!!!

"I'll follow her.." biglang sabi ni Randall na mabilis na tumayo!

"Wait.. Randall.." si Chairman.

"Yes Chairman??"

"You stay here.. You follow her.."

Naiangat ko ang paningin ko!

"A-Ako po??" tanong ko habang nakaturo sa sarili ko.

"Please follow Maxpein.. Baka kung anong gawin nya.." pilit ang ngiting utos sakin ni Chairman at napatingin naman ako kay Maze!

Nung makita kong masama ang tingin sakin ni Maze ay mabilis kong iniiwas ang paningin ko sa kanya!

"Y-Yes Chairman.." biglang sagot ko at saka tumango sa kanilang lahat at kay Lolo. Bago tumalikod sa kanila at umalis..

Haaaaaaaaaaaaaayyy!!!!

Napahawak pa ako sa noo ko at naglabas sa bibig ng malakas na hangin pagkalabas ko ng Office ni Lolo!

Mabilis kong iginala ang mata ko at agad ko namang nakita ko si Taguro papunta sa field kaya naman mabilis akong nagtatakbo papalapit sa kanya.

"Taguro.." usal ko matapos hawakan sya sa braso pagkahabol ko sa kanya. Dahan dahan akong pumunta sa harap nya at salubong pa rin ang kilay nya. Hinawakan ko ang baba nya at saka iniangat ang paningin nya sakin. **"I'm sorry.."**

"San?" walang emosyong tanong nya.

"D-Dahil dinadanas mo lahat 'to dahil sakin.."

"Wala ka namang kasalanan.."

"P-Pero pakiramdam ko.. kasalanan ko lahat.."

"Masyado ng madrama yun kanina.. wag mo ng dagdagan.."

Tch!

Gusto ko sa kanya syang singhalan pero halata talaga sa mukha nyang pagod na sya..

Tinitigan ko pa sya munit napansin kong may tinitignan sya kaya naman tinignan ko rin yon..

SI GONZA!

"Pwede mo ba akong samahan??" biglang tanong ni Taguro dahilan para maialis ko kay Gonza ang paningin ko. Munit nananatiling nakasunod ang tingin ni Taguro kay Gonza na naglalakad papunta sa Parking Lot.

"S-Saan??" tanong ko.

"Susundan natin sya.."

"Ha?! S-Saan!?"

"Kung saan sya pupunta.."

Hindi na ako nakasagot dahil hinila nya na ako ng kusa kaya naman wala akong choice kung hindi sumunod sa kanya! Hinintay na muna naming makaalis si Gonza sa Parking Lot saka kami mabilis na sumakay sa motor nya!!

"Angkas na.." yaya nya at inabot sakin ang helmet kaya naman... hindi ko na naman maiwasan ang mapangiti!

Normal kami pareho ngayon pero iaaangkas nya pa rin ako!? Bwahahahahahahahahahahaha!

"Bilis!" sigaw nya pa kaya naman mabilis akong napaangkas sa motor nya!

"B-Bakit kasi ito pa ang gagamitin natin?!"

"Para mabilis.. baka hindi natin sya mahabol.. Kumapit ka.."

"S-Saan??"

"May hawakan dyan sa likod.."

"H-Hindi ba pwedeng sa bewang mo na lang??"

"E kung kaladkarin na lang kaya kita?!"

"Tch! Eto na nga e.. sabi ko nga e.." sabi ko pa at saka humawak sa likurang parte nung upuan.

"Kumapit kang mabute.." sabi nya pa at..

Waaaaaaaaaaaaaa!!!!!!!!!!!!

Mabilis nyang pinaandar ang motor nya!!!!!

"T-Taguro---konting b-bagal naman!!!" kabadong sigaw ko pa pero parang wala syang naririnig!!! Mas binilisan nya pa habang hinahabol ang jeep na sinasakyan ni Gonza! **"K-Kakapit na ako sayooo! H-Hindi ko na kayang kumapit dito!!!"** paalam ko at saka ako yumakap sa bewang nya!

"A-Ano ba!" sigaw nya!

"N-Natatakot ako!!" sigaw ko.

"Bading ka!"

"Hahalikan kita!" sigaw ko pero hindi na sya nagsalita pa!

Maya maya pa ay nakita na naming bumaba si Gonza kaya naman binagalan nya ang pagpapaandar ng motor nya! Pumasok si Gonza sa isang kanto at saka naman iniliko ni Taguro sa kanto'ng yun ang motor nya habang dahan dahan pa ring sinusundan si Gonza!

Maya maya pa ay may pinasukan ng gate si Gonza, kaya naman mabilis na huminto sa di kalayuan si Taguro!

"Baba.." utos nya pa dahilan para maialis ko ang pagkakayakap ko sa kanya at maituon ang paningin sa bahay na pinasukan ni Gonza!

Parang gusto kong burahin lahat ng inis na naramdaman ko sa kanya matapos kong makita ang uri ng bahay na meron sila..

"Naaay???" dinig naming tawag pa ni Gonza nung makapasok sya sa bakuran.. **"Nandito na po ko.." sigaw pa ulit ni Gonza.**

"A-Anong ginagawa natin dito??" tanong ko pa kay Taguro pero hindi nya ako sinagot.. Tinignan nya ang kabuuan ng bahay at saka bahagya pang sumilip nung biglang salubungin si Gonza ng isang maganda munit may edad ng babae. **"T-Taguro.. anong gagawin natin dito??"**

"Sya.."

"Anong sya??" takang tanog ko.

"Sya ang Nanay ko.."

Nanlaki ang mga mata ko sa sinabi ni Taguro at bahagyang napanganga pa ako! Napatingin ako sa babae'ng sumalubong kay Gonza at saka ako muling tumingin kay Taguro!!!!

Magkapatid sila?!

Hindi ko nagawang magtanong dahil kitang kita ko kung paanong pinag-aaralan ni Taguro ang turingan ni Gonza at nung Nanay nya..

SEE YOUUU AGAIN NEXT WEEK!! d^_^b Sana makainteract ko kayooo sa FACEBOOK FANPAGE! Thanks!

Special Credits To: http://www.nlm.nih.gov/medlineplus/ency/article/000739.htm

SUPER THANK YOUUUU!!!! ♥ Godbless us all! ♥

d^_^b

PLEASE DON'T FORGET TO VOTE, COMMENT AND FOLLOW! Thanks a loooot! d^^,v

FOR IMPORTANT UPDATES PLEASE VISIT THE FOLLOWING:

Facebook : https://www.facebook.com/maxinejiji

Twitter : @maxinejiji

Website : http://maxinejiji.weebly.com/

Instagram : @maxinejiji

Tumblr: www.maxinejiji.tumblr.com/

Thanks a looot JIJIERAS!!! d^o^b ♥

- m a x i n e j i j i ♥

OceanofPDF.com

CHAPTER 120 : INTERHIGH TO PARTY

DEIB'S POV

Hindi ako makapaniwala sa narinig ko ngayon lang..

Ang tinawag na Nanay ni Gonza.. ay ang tinuro ni Taguro na Nanay nya?! Ibig sabihin... magkapatid nga sila?!

Dahan dahan pa rin akong napatingin kay Taguro at nangingilid na ang mga luha sa mga mata nya..

"T-Taguro.." tawag ko sa kanya napakurap naman sya at tumungo. Dahan dahan akong lumapit sa kanya at hinawakan ang kamay nya.

Hindi ko alam kung anong sasabihin ko..

Pero gusto kong maramdaman nyang nandito lang ako..

Nasasaktan ako dahil nakikita kong nasasaktan sya..

Bakit ganon? Hindi naman kami iisa pero.. bakit parang nararamdaman ko rin ang sakit na nararamdaman nya???

Taguro.. h-hindi ko kayang makitang lumuluha ang puso ko.. Parang awa mo na, wag kang iiyak..

Gusto ko syang yakapin pero hindi ko alam kung mapapagaan non ang loob nya..

Kahit hindi pa tumutulo ang mga luha nya, alam kong kapag tumulo yun ay hindi yun hihinto pa..

"K-Kung kailangan mo ko.. n-nandito lang ako.. Taguro..." mahinang usal ko.

Pero nanatili syang nakatingin kila Gonza at Heurt..

Pano ba ako mamahalin nito kung hindi ko man lang sya mapasaya! Parati na lang lungkot ang nararamdaman nya kapag ako ang kasama nya! Badtrip!

Taguro.. Gusto kitang pasayahin.. pero parang ang hirap hirap!

Hindi ko matagalang titigan sya..

Nakakadurog ng puso ang pagmasdan ka kapag nalulungkot ka, Taguro..

Kung mararamdaman mo lang sana ang nararamdaman ko..

Bakas na bakas ang saya sa mukha ni Heurt habang kausap si Kev na panay ang kwento sa kanya..

Kitang kita sa kanilang...

Masaya sila..

Lalo akong nakaramdam ng awa kay Taguro dahil imposibleng hindi nya nakikita ang nakikita ko sa kanila..

"Tara..."

Gulat akong nilingon sya nung bigla syang magsalita ng mahina..

"H-Ha??" tanong ko pa. Pero hindi nya na ako sinagot at naglakad na sya ng bahagya papalapit sa motor nya at sumunod naman ako. **"S-San ang punta natin??"**

"Kung san umabot ang gas ko.."

Hindi ko na sya kinontra pa at sumakay na lang ako.

Inabot nya sakin yung helmet at mabilis ko namang isinuot yun at kumapit muli sa bandang likuran ng motor nya pero..

~BRRRRROOOMM!!~

~EEEEEENNNNNGGGG!!!!~

~BEEEPP!!!! BEEEPP!!!~

"T-Taguro k-konting bagal naman oh.." pakiusap ko pero parang wala syang narinig!

Hindi na ako nagpumilit pa at hindi na rin ako yumakap pa sa kanya dahil ayaw ko namang may maisip syang masama lalo na at alam kong hindi sya okay..

Mabilis nya pa ring pinaandar ang motor nya ilang minuto pa..

Gulat akong naigala ang paningin ko nung makita kong papasok kami sa village nila..

Anong ginagawa namin dito???

Pero mas nagulat pa ako nung lampasan nya ang bahay nila!

"S-San tayo pupunta?!" tanong ko pa pero...

Hininto nya na ang motor..

Mabilis kong hinubad ang helmet na suot ko at iginala ang mata ko..

PARK.

Isang maliit na Park..

Bumaba sya at nagstretch habang nakangiti pa..

Gulat naman akong pinagmasdan sya at saka mabilis na isinabit ang helmet sa manibela ng motor nya.

"A-Anong gagawin natin dito??" tanong ko ulit.

"Magpapahinga.."

"E-Eh??!!"

Hindi nya ako pinansin at mabilis syang pumunta sa slide at...

NAHIGA doon!!!!

Ano bang trip nito?

Mabilis naman akong sinundan sya at tumayo sa harap nya..

"Maupo ka.." sabi nya pa at iginala ko naman ang paningin ko sa damuhan. Pinagpatong nya ang dalawang kamay nya at doon nahiga.

"H-Hindi na.. tatayo na lang ako.."

"Malinis dyan.."

"H-Hindi na nga.."

"Bahala ka.. mangangawit ka.." walang emosyong sabi nya pa ng hindi tumitingin sakin at nananatiling nakatingala sa mga puno.

"A-Ano bang gagawin natin dito?" pangungulit ko pa rin.

"Magpapahinga nga.."

"Tch! Bakit?! Napagod ka ba?!"

"Malamang.. kaya nga magpapahinga e.."

Gusto kong mainis pero pilit kong inintindi ang sinabi nya..

Sabagay.. nakakapagod nga naman yung dami ng nangyari ngayon..

Ilang beses akong bumuntong-hininga dahil hanggang ngayon ay hindi ko maipaliwanag sa sarili ko kung totoo ba lahat yung nangyari.. Hindi pa natatapos ang hapon sa araw na 'to pero napakarami nang nangyari.. Ilang bagay ang nagawa namin sa loob pa lang ng maghapon!

Naglaro..

Nanalo..

Nakipagrambol..

Nakipagtalo..

Nanghabol..

Nanood..

At ngayon..

Nagpapahinga..

Parang simula kaninang umaga ay puro palaisipan na sakin ang maghapon na 'to! Nakakalito!

Hindi ko napigilan ang sarili kong pagmasdan sya habang nakatitig sa mga dahon sa puno..

Sa twing pagmamasdan ko ang mukha nya ay hindi ko maiwasang mapangiti..

Namamangha ako sa mukha nya at sa bawat ekspresyon na nilalabas ng mukhang yon.. Gusto kong sauluhin ang bawat itsura nya at hindi ako

nagsasawang titigan sya..

Nangingiti ako kahit na hindi naman ganon karami ang magagandang oras naming dalawa..

"Ano bang meron sa mukha ko't hindi mo maalis-alis yang paningin mo?!"

Gulat akong bumalik sa reyalidad nung bigla nyang sabihin yon!

Salubong ang kilay pang iniangat nya ang ulo nya at saka tumingin sakin!

"B-Bakit ba parati mo na lang nakikita sa twing nakatingin ako sayo?!"

"Nararamdaman ko e.." nakangising sagot nya habang nakatingin sakin.

Ewan ko pero kakaiba ang titig at ngiti na meron sya sa mata at labi nya!

Bigla akong nakaramdam ng pagkailang!

"A-Anong nararamdaman naman?" tanong ko na iniiwas ang paningin ko at bahagya pa akong tumagilid sa kanya at kunwaring umubo.

"Nararamdaman ko kapag may nakatingin sakin.."

Gulat na naman akong napalingon sa kanya!

"Pano yun!?" takang tanong ko.

"Ewan ko.. nararamdaman ko e.. Ang hirap iexplain.."

"Tch.. ang weird mo talaga.." mahinang sabi ko at hindi na sya sumagot pa.

Napabuntong-hininga ako ng ilang beses at saka muling tumingin sa kanya. Sya naman ay nakatingin na muli sa mga puno.

"Madalas ka dito?" tanong ko.

"Mmm.."

"Ano namang ginagawa mo dito?? Ganyan lang??" turo ko pa sa kanya at bahagya pa syang natawa. Tumingala naman ako sa puno'ng tinitignan nya.

"Mmm.."

"Tch! E bakit hindi ka pumunta sa Malls!? Mas marami kang makikita don!"

"Pero mas gusto ko ang nakikita ko dito.." sabi nya at nilingon ko naman sya at..

NAKATINGIN SYA SAKIN!!!!

Ako ba yung sinasabi nyang gusto nyang makita??????

Oh no..

Oh nooooo..

Bwahahahahahahahahahaha!!!!!!

Asttiiiiggg ka talaga, Deib! Tsk tsk tsk tsk!!! Taguro.. Taguro.. Taguro..

Napatalikod ako dahil hindi ko matagalan ang kakaibang titig nya at doon ko naman nailabas ang nagkukumawalang ngiti ko sa labi!!!

Muli akong humarap sa kanya na salubong ang kilay pero nakatingala na ulit sya sa mga puno.

"Mas gusto ko kasing nakikita ang nature kesa sa mga nakikita ko sa Malls.. Kahit maliit na park lang 'to, sapat na sakin yung mangilan ngilang puno at halaman na nakikita ko dito para mabawasan ang stress ko.. Narerelax ako kapag nakikita ko ang kahit na simple'ng puno kapag punong puno ng isipin ang utak ko.." biglang dagdag nya at bumagsak naman ang balikat ko.

Akala ko ako na e..

"Sa mga Malls.. masyadong maraming tao.. Nasisikipan ako.." malumanay na dagdag nya pa.

"Weird.." bulong ko at saka humarap sa kanya.

Naharangan ko yung sikat nang araw na deretso ang sinag sa mukha nya at nakikita ko ang anino ko sa kabuuan nya..

Cool..

"Okay ka lang ba?" deretsong tanong ko.

"Mmm.. bakit naman hindi?" balik-tanong habang nakatingin sakin.

"E-Eh kasi.. di ba..?? Yung kanina??"

"Mmm.. yung kila Kev??"

"O-Oo.."

"Bakit??"

"A-Anong bakit??" tanong ko.

"Porket nakita ko sila.. dapat bang hindi na ako maging okay?" pilit ang ngiting tanong nya.

"H-Hindi naman sa ganon.. E-Eh kasi syempre.. hindi mo naman inaasahan yung kanina, di ba??" tanong ko at bahagya syang natawa kaya natigilan ako. **"A-Anong nakakatawa?"**

Hindi agad sya sumagot at iniiwas nya ang paningin nya sakin.. Tumingala sya sa mga sanga ng puno at saka bumuntong-hininga. Tumingala rin ako sa puno.

"Kilala ko si Kev.." mahinang usal nya at naibaba ko naman ang paningin ko sa kanya!

Hindi ako nakasagot!

Muli syang ngumiti habang nakatingin sa mga sanga at saka dahan dahang ibinaba rin ang paningin nya sakin! Nung makita nyang nagulat ako sa sinabi nya ay bahagya na naman syang natawa!

"Kilala ko si Kev.." pag-uulit nya. **"Alam kong anak anakan sya ni Heurt.."**

Hindi na naman ako nakapagsalita!!!!

Huminga na naman sya ng malalim sa mga sanga!

"Nung sabihin ko sayo'ng may mga nalalaman rin naman ako tungkol sa Nanay ko.. yun yon.." mahinang sabi nya. **"Nabanggit ko sayo noo'ng.. ilang linggo bago magsimula ang klase sa BIS ay nagstay na rin ako dito sa Laguna.."** bumuntong-hininga na naman sya. **"Bumabalik ako sa Mansion ng mga Moon noon pero.. hindi nila ako pinagbubuksan.."** tumingin sya muli sakin at nagtama ang paningin namin. **"Yung huling punta ko.. malayo pa lang ako sa Mansion ay may natanaw na akong babae'ng nasa harap ng Mansion at nakatingin.. Hindi ko sya nilapitan.."** salubong ang kilay na dagdag nya na muling iniiwas ang paningin sakin. **"Pinanood ko lang sya sa ginagawa nya dahil yun ang kauna-unahang beses na nakita ko sya.. Ang tagal nyang nagstay sa harap ng Mansion na akala mo nanonood ng palabas.. kaya naman.. ganon rin katagal akong nagstay sa panonood rin sa kanya.."** natawa pa sya. **"Umulan na't lahat.. para pa rin syang estatwang naghihintay makakita ng himala sa harap ng Mansion ng mga Moon.."**

"S-Si Heurt ba yon??" hindi ko naiwasang magtanong.

"Mmm.."

"K-Kung ganon kilala mo sya?!"

"Mmm.. nung una hindi.. syempre.. Nun nga lang kako yung unang beses na nakita ko sya.. Ni hindi man lang pumasok sa isip kong.. Nanay ko sya.." natawa pa sya kunwari. **"Pero.. habang pinapanood ko sya.. kung anu-anong pumasok sa isip ko.. Lalo na nung tumila ang ulan.."**

"A-Anong nangyari nung tumila ang ulan??" tanong ko.

"Nagulat ako nung makita ko syang napaupo na lang bigla.." napatungo sya at tumingin sa paanan ko. **"Lalapitan ko na sana sya pero.. bigla syang umiyak.. na parang bata'ng nagmumukmok.."** seryosong dagdag nya pa. **"Hindi ko sya nagawang lapitan kasi nawirduhan ako sa**

iniasta nya.. Kaya naman.. nung makita ko syang maglakad palayo ay.. sinundan ko sya.."

"A-Ano!?"

"Mmm.. sinundan ko sya.."

"B-Buti hindi ka naramdaman??" tanong ko at hindi agad sya nakasagot..

Tumingin ako sa kanya at parang nag-iisip sya.

Bumuntong-hininga syang muli at saka tumingin sakin at nagsalita.

"Kung totoo man yung sinasabi nilang gangster sya.. imposible namang hindi nya ako naramdaman?" natawa pa sya kunwari. **"Sa mga napapanood ko kasi.. yung mga gangster malalakas ang pakiramdam.. nalalaman nila kapag may sumusunod sa kanila at nakatingin sa kanila.."** matalas ang tinging paliwanag nya.

"G-Ganon ba yon?" takang tanong ko pa.

"Sa napapanood ko.. oo.."

"Oh tapos??"

"Sinundan ko na nga sya.. pero hindi ko alam na don sya mismo sa bahay na yon nakatira.. Nung sinundan ko kasi sya ay ibang bahay ang pinasukan nya.. Hindi na ako sumunod kasi.. baka mahuli na ako.."

"S-Saan naman yung bahay na pinasok nya??"

"Don rin sa lugar na yon.. Ibang street lang.."

"E pano mo nakilala si Kev??" tanong ko at nangiti naman sya kunwari.

"Dahil nakita ko na rin silang magkasama.."

"P-Pano??"

"Mmm.. Hindi ko na kasi naiwasang hindi sya puntahan.." nakangiting sabi nya.

Hindi ko maintindihan!

Hindi ako nagsalita at nakinig lang ako sa kanya!

"Para akong tangang kusang pumupunta sa bahay kung saan ko sya unang nakitang pumasok.. Pero hindi ko na ulit sya nakita don e.. At mula nung sumunod na pagkakakita ko sa kanya ay nakita ko na syang kasama si Kev.."

Hindi ko malaman kung bakit ba kinikilabutan ako sa mga kinukwento nya.

"K-Kung ganon.. alam mong k-kapatid mo si Kev??" kabadong tanong ko at nagulat ako nung matawa sya!

Anong nakakatawa ba!? Tsk!

Inis akong tumingin sa kanya pero saglit syang ngumiti habang nakatingin sakin!

"Bakit mo naman naisip na kapatid ko si Kev??" tanong nya habang natatawa pa.

"A-Ano bang nakakatawa?!" inis na tanong ko. **"E kung Nanay nya ang Nanay mo edi malamang.. magkapatid kayo! Sa Mommy nga lang.."**

"Hindi ko sya kapatid.."

Mas nagulat ako sa mabilis na sagot nya!

Gulat akong napatingin sa kanya at hindi makapagsalita!

Pano nangyari yon!?

"Sa kasusunod ko sa kanila ay hindi ko man nalaman kung saan talaga sila nakatira pero.. marami naman akong nalaman tungkol sa kanila.." nakangiting sagot nya at lalo naman akong nagtaka kaya naman nagtuloy sya sa pagkukwento. **"Nagtanong tanong ako.. kasi hindi ko maiwasan.. Masyadong naging misteryoso sakin ang babae'ng yon.. Nagtaka ako kung bakit hindi ko na sya nakita ulit sa Mansion.. Pero mas ipinagtataka ko ang iniasal nyang yun sa harap ng Mansion.. Bakit sya umiyak? Bakit sya nagpaulan katitingin don?? May hinihintay ba sya?? Kung meron.. sinong hinihintay nya?? At higit sa lahat.. Sino sya??"** seryosong tanong nya kunwari habang seryosong seryosong nakatingin sa lupa. **"Nacurious ako sa pagkatao nya kaya naman.. hindi ko na pagilan ang sarili kong magtanong tanong.."**

"Kanino ka naman nagtanong??"

"Sa taga-don sa kanila.. pero hindi don sa malalapit sa kanila.."

"Kanino nga?"

"Sa taga-kanila nga.. nakikinig ka bang maige ha?!" inis na tanong nya!

Ang init ng ulo.. Tsk..

Hindi na ako nagsalita at nakanguso na lang akong tumingin sa kanya!

"Meron karindirya don at kumain ako don.. para magtanong tanong syempre!" salubong ang kilay na dagdag nya. **"Nagtanong ako don sa may ari at sakto naman at madaldal sya masyado.. Sa sobrang kadaldalan nya, naikwento nya yata lahat ng nalalaman nya.."**

"Tulad ng ano?" tanong ko at tumingin sya sakin.

"Pangalawang asawa ni Heurt ang tatay ni Gonza.. Na dating myembro ng sindikato at umalis sa grupo dahil nakadispalko.."

Hindi ako nakapagsalita sa gulat!

"Si Heurt ang tumayong tunay na Nanay sa kanila dahil wala ng pakinabang ang Tatay nila.. Pero ang sabi nung tindera ay nakadispalko lang naman ng pera ang Tatay ni Gonza dahil.. may mayamang bumili ng lupa na ilegal na kinatatayuan ng naunang bahay nila.. Kaya naman yung pera'ng hawak nya, ginastos nya para mabili yung maliit na bahay na nakita mo kanina.." seryosong dagdag nya. **"Nagtatago ang Tatay ni Gonza kaya naman mabilis na kumalat sa lugar nila ang tungkol sa isyu na yon.. pinapakisamahan na lang daw nila ang pamilya nila Gonza dahil natatakot sila sa kanila.."**

"B-Bakit daw?"

"Dahil nga dating myembro ng sindikato ang Tatay nya.."

"Pero.. pano mo nalamang sya nga si H-Heurt?? Ang Nanay mo??"

"Naramdaman ko.."

Tch! May super powers ba 'to para tumama ang lahat ng pakiramdam nya?! Kalokohan..

"At sinabi sakin nung tindera ang pangalan nya.." biglang dagdag nya at nakahinga naman ako ng maluwag. **"Hindi ko masyadong kilala ang Ermats ko pero alam ko naman ang pangalan nya.."**

Hindi pa kasi sya tapos magpaliwanag, Deib..

"Nalaman ko ring sakitin ang isa sa mga kapatid ni Gonza kaya naman kailangang kailangan nila ng pera.." dagdag nya pa kaya naman napatingin na naman ako sa kanya. **"Ang totoo.. hindi ko alam na galit si Gonza sa mga Moon.. nalaman ko lang nung minsan marinig ko syang kausap yung kaibigan nya.."**

"Kung ganon hindi mo nga sya kapatid??"

"Hindi nga.. Tss.. ang kulet!"

Kinukumpirma lang e!

Kung ganon.

Pwede pa ring manligaw at magkagusto si Gonza sa kanya dahil hindi naman sila magkapatid!!!!

Grrrrrrr!!!

Nainis ako sa sariling naisip ko!

"E-Eh bakit hindi mo sya kinausap?? Bakit hindi mo sya nilapitan at sabihing ikaw ang anak nya?? Hindi mo ba pwedeng gawin yon ha??

Tutal.. nagpagod ka na rin namang sundan sundan sya e bakit hindi mo pa pinagpatuloy?? Bakit hindi ka pa nagpakilala??" sunod sunod na tanong ko at nangiti naman sya.

Hindi agad sya sumagot kaya naman nanatili akong nakatingin sa kanya..

Parang nag-iisip sya habang nag-iisip..

Ilang beses syang tumungo at tumingala habang nakangiti pa pero hindi sya tumitingin sakin..

Ano kayang iniisip nya??

"K-Kasi.. kung sinabi mo sa kanya kung sino ka.. e-edi sana nasagot na lahat ng tanong mo.." dagdag ko pa.

"Tinatamad ako e.."

'WTF??

Siraulo talaga 'to!

"A-Ano!?" nauutal pang tanong ko. **"Tinatamad ka?! What the heck!?"**

"Kung lalapitan ko sya at kakausapin ko sya.. anong sasabihin ko? Sa tingin ko ay hindi sapat na sabihin ko sa kanyang... *'Hoy.. ako yung anak mo kay More'*.. Tss.."

Kahit kailan.. mayabang!

Gusto kong mainis pero dahil sanay na akong wirdo ang isip at pagkatao nya ay sinakyan ko na lang sya!

"E-Eh pano ba dapat???" tanong ko.

"Kung talagang may pakialam sya sakin.. magkusa sya.. Hindi ako maghahabol sa kanya.."

Natigilan ako sa sinabi nya at sa pagiging seryoso nya..

Hindi sya nakatingin sakin pero ramdam ko ang talim ng mga tingin nya..

Hindi ko maiintindihan ang nararamdaman at naiisip mo dahil hindi ko pa naranasan malagay sa sitwasyong gaya ng sayo..

Nangibabaw ang katahimikan sa paligid naming dalawa at animong pareho kaming nag-iisip.

Kahit kailan ang weird weird nya! Badtrip.. ano ba'ng nagustohan ko sa babae'ng 'to?? Parang bawat ikot ng bituka nawiwirduhan ako!

Napatingin ako sa kanya at eksaktong napatingin ako sa malaking pasa nya sa gilid ng bibig nya.

"Pwede ba akong magtanong??" usal ko.

"Mmm.. ano yun?"

"B-Bakit ba ayaw mong lumaban sa kanila??"

"Lumaban??" natatawa pang tanong nya. **"Ano ba ako, sa tingin mo?? Power Ranger??"**

Nakaramdam ako ng inis!

Kung kailan ka talaga seryoso.. bigla syang magbibiro! Kapag nagbibiro ka naman.. galit sya! Badtrip! Ang hirap tyempuhan kung kailan sya matino!

"Tch.. Seryoso ako!" singhal ko at narinig ko namang bumuntong-hininga sya at saka ngumiti.. at biglang sumeryoso.

"Natatakot kasi akong may ibang taong madamay kapag pinatulan ko sila.." seryosong usal nya.

"H-Hindi ko kasi maintindihan e.." napapahiyang sagot ko at tumingin sya sakin dahilan para muling magtama ang mga paningin namin.

"Marami na kasi akong nakaaway.. bukod sayo.. Iba't-ibang uri na ng tao ang nakaaway ko.. Merong duwag.. merong tulad mo na nangtitrip lang.. merong matapang.. merong malakas.. at merong *'traydor'*.." seryosong sagot nya. **"Tulad ni Choco.."** bumuntong-hininga sya. **"Kung tutuusin.. wala naman akong kasalanang ginawa sa kanya o sa girlfriend nyang si Aimee.. Nagtataka ako kung bakit ganon na lang ang galit nya sakin para ganituhin nya ako.. Nagawa nya pa'ng bayaran sila Mallyu at Yago para lang kantiin ka.. at mukhang handa syang gawin ulit yon para naman sakin.."**

"Anong ibig mong sabihin?"

"Hindi ko man alam kung bakit sya nagalit sakin pero.. ramdam na ramdam kong galit talaga sya sakin.. Tss.. hindi nya naman siguro gagawin yun kung hindi sya galit sakin di ba?? Kung ako ang tatanongin.. wala rin akong kasalanan kay Aimee.. Pero hindi ko rin naman sya masisisi kung bakit nagalit sya.."

"Bakit nga ba?"

"Nung una ko kasi syang makilala.. may pumatid sakin dahilan para aksidenteng maitapon ko kay Aimee ang juice na dala dala ko.. Nagalit sya at tinulak tulak ako.. gusto nyang magsorry ako sa kanya pero.." tumawa pa sya kunwari. **"..sadyang hindi ako yung tipo ng tao na hihingi ng paumanhin.. Ako pa rin ang masusunod kung kelan ko gustong sabihin ang salitang *'sorry'* at kung kelan hindi.."**

Wirdo talaga!

"Simula non.. kung anu-ano nang ginawa nya sakin pero.. hindi ko naman sya masyadong pinapatulan.. Hanggang sa umeksena na nga si

Choco at mas malala pa ang ginawa sakin.. Tss.. parehong abnoy.."

"E-Eh bakit nga ba hindi mo sila pinapatulan!? Kahit ako noon.. k-kung anu-ano ng ginagawa ko sayo pero para sayo p-parang balewala lang! Alam mo bang mas nakakainis sa pakiramdam yung.. kung anu-ano ng ginagawa kong kalokohan sayo pero parang sayo ay *'wala lang*'..???? Nakakabadtrip!!! Nakakalalake!!!"

"Tss.. baka yan rin ang dahilan kung bakit ginagawa sakin ni Choco lahat 'to.. dahil natatapakan ng kayabangan ko ang pagkalalake nya.." natatawang pagyayabang nya. **"Alam mo rin bang ang pinakaayaw ko sa lahat ay yung pinagpapawisan ako??"**

WTF???

Gulat akong napatingin sa kanya!

"At kung papatulan kita noon.. pagpapawisan lang ako.."

WTF???????????

"Masyado kang maingay.. masyado kang malikot.. Yang payat mong yan parang hindi ka man lang nakakaramdam ng pagod.. Tss.." mayabang na dagdag nya pa!

Hambog talaga!

"At isa pa, para sakin.. isip-bata lang ang gumagawa ng mga ganyan sa kapwa nya.. Bullying for me.. is a sign of immaturity.." sabi pa nya.

Marami ng nagsabi sakin nyan! Pero hindi ko pa rin pinaniniwalaan!

"P-Pero hindi mo pa rin sinasagot ng tanong ko.. bakit nga hindi mo sila magawang patulan?? Labanan?? Kasi luging lugi ka.. Nagagawa ka nilang saktan at tignan mo ang itsura mo! Kababae mong tao pero ang mga sugat mo panglalake! Tch!"

"Kasi alam ko naman ngang magsasawa rin silang gawin yon.."

"E kailan pa nga yon?? Kailan pa?! Kung kailan naghihingalo ka na?"

"Hindi naman ako tanga para paabutin yun sa ganon.." natatawa pang sabi nya at nainis naman ako lalo. **"Yung mga simpleng sapak sapak, sabusabunot, batu-bato, tisod tisod---hindi ko papatulan yan.."**

"Kailan mo sila papatulan? Kapag may dala na silang baril!? Kutsilyo!?"

"Syempre naman.. hahahaha pwede akong mag-agaw-buhay kapag natyambahan ako non!" biro nya pa pero hindi ako natatawa! Munit hindi ko magawang sigawan sya nung bigla syang sumeryoso.. **"Hindi mo talaga ako maiintindihan dahil kakaiba sa mga normal na nakakasama**

mo ang pag-iisip ko.." nakangiti munit seryosong usal nya. **"Mahirap kalabanin ang mga traydor na tulad nila.. dahil hindi mo alam kung kelan sila kikilos.. Pwedeng twing tahimik ka.. pwede ring twing marami kang kasama.. Masyado silang marami at ako.. nag-iisa.. Kung papatulan ko sila.. hindi ko alam kung anong pwedeng gawin nila sa mga tao'ng nasa paligid ko, Sensui.. Pwedeng si Naih.. pwedeng sila Michiko.. Migz.. BJ.. O ikaw.."**

Napatingin ako sa kanya pero sa iba nakatuon ang paningin nya!

Masyado syang seryoso kaya naman hindi ko naiwasan ang kabahan!

Ako!? Bakit ako?!

Sabagay.. may atraso na rin ako sa kanya kaya hindi malayong mangyari ang sinasabi nya!

Lalo akong kinabahan sa naisip ko!

Magsasalita na sana ako pero bigla syang tumayo!

Kinuha nya ang cellphone sa bulsa nya at sinagot yon..

"Hello?" sagot nya. **"Nandito lang sa tabi tabe.. baket?"** sandali pa syang hindi nagsalita at sumalubong na naman ang kilay nya. **"Sige.. pabalik na kami.."**

"Sino yon??" tanong ko nung maibaba nya na ang phone.

"Si Naih.."

"B-Bakit daw?"

"Tinatanong kung nasan tayo.. Tara.. balik na tayo don.."

"S-Sige.. Okay ka na ba??"

"Mmm.." nakangiting sagot nya at saka dahan dahang tumingin sakin at natigilan naman ako at natulala.

Hindi ko lang isang beses na nakita ang mga titig na yan pero bakit ba parating parang matutunaw ako sa twing makikita ko!?

"Ikaw na naman ang kasama ko.." nakangiting usal nya sa mismong mukha ko at napalunok na naman ako. **"Lagi na lang talagang ikaw ang kasama ko sa twing ganito ang eksena ko.."**

Hindi ko naiwasang mapangisi habang nakatingin sa kanya.

"Baka dahil.. meant to be talaga tayo??" biro ko at ngumiwi naman sya.

"Kung meant to be tayo.. bakit andaming hindrance??" nakangising tanong nya.

"Kasi magiging successful daw ang love story natin.. Hindi magtatagal ay sasagutin mo daw ako at ikakasal tayo.. Tapos bibigyan

mo ako ng bente'ng anak na lahat kamukha mo.." nakangiting sagot ko.

"Hanep sa imahinasyon ah??" nakangising tanong nya kunwari. **"Gawin mong libro yan.. tapos ipublish mo.. Bebenta yan sa mga assuming na tulad mo.."**

Bakit ba ganito kayabang ang babae'ng 'to!?

Inis akong tinignan sya ng masama!

"Taas rin ng pangarap mo e noh?? Bente'ng anak?? Hahaha.. anong akala mo sa babae?? Namumulot ng bata!? Tss.. tara na nga.." sabi nya at saka naglakad papalayo sakin!

Tch! Andaming alam..

Sumunod ako sa kanya at maya maya lang ay nasa daan na kami pabalik.

"Pwede ba akong yumakap, Taguro??" nakangising malakas na tanong ko na inilapit pa ang ulo ko sa helmet nya.

"Bakit?" malakas na tanong nya!

"Ang bilis mo kasing m-magdrive.. n-natatakot ako.." kunwaring sagot ko.

"Sige-----"

"T-Talaga?!?!" hindi makapaniwalang tanong ko!

"Sige kako.. babagalan ko na lang.." dagdag nya.

Badtrip!

Mabagal nga ang naging pagmamaneho nya pero maya maya lang rin ay nasa BIS na ulit kami.

Mabilis kaming naglakad papasok sa loob ng school.

"Oh my God.."

"I think mag-on na talaga sila.."

"Sa tingin mo???"

"Hindi 'to pwede!"

"Talaga!"

"Hindi sya nababagay kay Deib!"

"Of course! Pananamit nya pa lang hindi na bagay kay Deib! Look at him, he's so formal and hot! Tapos si Taguro, mahirap na mahirap ang dating sa pananamit pa lang! Nangitim pa ang lola nyo kaya lalong nagmukhang basurera!"

"Sa tingin mo ba ay magsasama sila ng ganyan kadalas kung hindi sila nagkakagustuhan???"

"C'mon! What if they're just friends?!"

"Stupiiiiddd! Hindi mo ba narinig yung balita'ng may nakakita sa kanila sa Palawan na dalawa lang sila?!"

"OMG! For real!?"

"Mmm! At ang sabi ay nagpapahabol sya kay Deib! Ang kapal ng mukha!"

Inis akong nilingon sila!

"Hoy!" sigaw ko don sa babae'ng huling nagsalita!

"D-Deib.." takot na usal nya nung makita ako.

"Wag na wag mong babanggitin ang pangalan ko dahil ang pangit pakinggan kapag galing dyan sa masagwang bibig mo! Naiintindihan mo!?" inis na tanong ko sa kanya at kabado at napapahiyang tumango naman sya sakin! **"Wag na wag nyo ring uugaliing pagtsismisan kaming dalawa dahil sa susunod na may marinig akong hindi maganda mula dyan sa mga nguso nyo.. araw-araw kayong sasalubungin ng mga bullies dito sa school.."**

"S-Sorry.. Deib.. M-Maxpein.." sabay sabay na usal nila at saka tumungo sa amin.

Parang walang interes namang sinulyapan sila ni Taguro at saka nagtuloy sa paglalakad. Sumunod naman ako sa kanya at sabay kaming nagpunta sa Canteen dahil nandon daw ang mga kasama namin.

"Oh.. san ba kayo galing!?" si Parrot.

"May pinuntahan lang.." si Taguro.

"Taray magligawan ah?? Date sa dapit-hapon.." biro ni Migz.

"Tss.. May sched na ba?" sagot ni Taguro kay Parrot at mabilis na naupo sa tabi nila.

"Oo meron na.. Hanggang Tuesday na lang ang laro.. Wala na lahat.."

"Eh?? Bakit?"

"Tapos na lahat e.."

"Ganon ba? E kelan laro natin?" tanong ni Taguro.

"Tuesday. Championship."

"Ahh.." sagot lang ni Taguro at saka kumuha sa snacks na kinakain nila.

"Oyy.. alam mo ba?? Nagagalit yung kahera'ng mataba kanina!" malakas na bulong ni Parrot kay Taguro at tumingin na naman 'to na parang walang interes. **"Nagwawala talaga sya kanina kasi hindi daw sya binayaran nung mga taga-Luna.."**

Taka akong napatingin at nakinig sa kanila.

"Nagbayad san?" tanong ni Taguro.

"Umutang daw ng pagkain si Gonza at nagsabing sya ang magbabayad pero hindi na daw nagpakita.. sinisingil yung Coach nila kanina kaso hindi naman daw pasok sa budget nila yung dami ng pagkaing kinuha ni Gonza kanina.. Tsk tsk.. Sayang kasi e.. umalis kayo.. Hindi nyo tuloy nakita.. napahiya talaga yung Coach nila at kitang kitang nagagalit sya sa ginawa ni Gonza.. Andami daw kasing pinakain ni Gonza kanina e.." mahabang kwento ni Parrot at napatingin naman ako kay Taguro.

Dahan dahang liningon ni Taguro ang kahera..

Saglit nya pang tinitigan yon at saka sya tumayo kaya naman napatingin ang lahat sa kanya.

"San ka pupunta?!" takang tanong ni Parrot.

"Don.." turo ni Taguro sa kahera at taka naman kaming sinundan ng tingin sya.

"Anong trip non??" takang tanong sakin ni Parrot at nagkibit-balikat naman ako sa kanya.

Tinignan ko si Taguro at nung mapansin kong parang nagagalit yung cashier sa kanya at salubong ang kilay na sinundan ko sya..

"Anong meron dito?" tanong ko kunwari at salubong ang kilay namang nilingon ako nung Cashier pero hindi ko sya pinansin at tumingin ako kay Taguro. **"May gusto ka bang bilin?"**

"Tinatanong kita kung magkano yung inutang nung taga-Luna kanina.." parang galit na sabi ni Taguro don sa Cashier na agad na pinamewangan sya!

"At bakit ba inaalam mo pa?! Babayaran mo ba ha?!"

"Oo!"

Gulat akong napatingin kay Taguro at taka namang napatingin ang Cashier sa kanya!

"Taguro.. ano bang nangyayari sayo?" takang bulong ko pero nilingon nya lang ako at saka salubong ang kilay na tumingin don sa Cashier.

"Kaya'ng kaya kong bilihin lahat ng tinda mo kaya wag mo akong tignan na para bang ako ang pinakamahirap na taong nakilala mo.. Bilisan mong sumagot dahil nababagot akong tignan yang mukha mo.." galit na usal ni Taguro sa kanya at dali dali namang napakilos ang Cashier at iniabot ang papel sa kanya. **"Tss.. para sa tatlong daan**

nagwawala ka.." bulong nya pa at saka inilabas ang wallet nya at iniabot ang isang libo sa kanya.

Umasta naman ang Cashier na susuklian sya pero matalas ang tinging tinignan lang sya ni Taguro.

"Magdahan dahan ka sa mga tao'ng sinasabihan mo ng patay-gutom.. kung ayaw mong magsawa sa buhay mo.." madiing sabi nya at saka tinalikuran ang nagulat na Cashier.

Sinundan ko sya ng tingin at saka inis na tinignan ng masama yung Cashier na halatang natakot!

"Ano bang sinabi mo sa kanya!" inis na sigaw ko sa kanya! **"Gusto mo bang palitan kita ora mismo!?"**

"S-Sir w-wag po----"

"Wag na wag mong gagalitin yung babae'ng yon, naiintindihan mo?! Kung ayaw mong mapanis lahat ng pagkaing tinda mo dyan sa bibig mo!" sigaw ko sa kanya at saka sya iniwan at bumalik sa table namin!

"Woaaahh.. hahahaha! Bakit sinigawan mo yon?!" si Tob.

"Tch.."

Hindi ko sya pinansin at napatingin na lang ako kay Taguro.

"Okay ka na ba?"

Napatingin ako kay Lee nung biglang tanongin nya sya.

"O-Okay na sya.." sagot ko na iniusog pa ang kamay ni Lee na malapit na sa kamay ni Taguro.

"Eh bakit ba ikaw ang sumasagot? Sya ang tinatanong ko.." si Lee.

"Wala akong pakialam.." nakangusong sabi ko at saka tumingin kay Taguro. **"Hoy.. hindi kaba nagugutom ha??"**

"Hindi.."

"Bakit??"

"E sa hindi e.."

Nginusuan ko lang sya at saka naman nagsalita si Parrot.

"Binayaran mo yung utang ni Gonza noh??" taas-kilay na tanong ni Parrot pero hindi sya sinagot ni Taguro.

"Pein.."

Sabay sabay kaming napalingon nung biglang may pamilyar na boses ang tumawag kay Taguro.

SI RANDALL!

Seryoso ang mukhang lumapit sya kay Taguro at saka pinagmasdan ang mukha nya!

"What happened??" tanong ni Randall.

"San?" takang tanong ni Taguro sa kanya.

"To your face---to you! What happened to you?? Bakit ganyan ang mukha mo??" nag-aalala talagang tanong ni Randall sa kanya at taka pa ring tumingin si Taguro sa kanya at maya maya lang ay pilit nyang inalis ang pagtataka sa mukha nya at tumingin kay Randall.

"Ayos lang ako.." sagot ni Taguro sa kanya.

"Tsk.. sinong gumawa sayo nyan?!"

"Bakit ba gusto mo pang malaman??"

"Dahil nag-aalala ako sayo!"

"Okay lang ako---hindi mo na kailangang mag-alala.."

"Pero Pein----"

"Randall.. ayos lang ako.." malumanay na sagot ni Taguro sa kanya.

Pero nanatiling nakatingin si Randall sa kanya kaya naman dahan dahang tiningala muli ni Taguro si Randall at nagkatitigan sila!

Demmit..

Dinig kong bumuntong-hininga si Taguro at saka tumayo..

San sya pupunta..????

"Dyan na muna kayo.. mag-uusap lang kami.." mahinang sabi ni Taguro na hindi man lang ako tinignan at saka tumalikod at humarap kay Randall. **"Tara.."**

Sinundan ko pa sila ng tingin munit nung makalabas sila ng Canteen ay doon lang ako nakaramdam ng kakaiba..

Natahimik ang lahat at ni isa ay walang makatingin sakin!

Badtrip..

RANDALL'S POV

"Sabihin mo sakin kung anong nangyari.." nag-aalalang tanong ko sa kanya at tumingin naman sya sa mga mata ko. Naupo kami sa Batibot. Tumingin ako sa mga mata nya at tumingin rin sya sakin.

Gusto kong magalit sa twing mapapatingin ako sa malaking pasa'ng yon na nasa kaliwang gilid ng labi nya!

"Napaaway ka ba??" tanong ko dahil ang tagal nyang sumagot.

"Oo.." sagot nya at naiiwas nya ang paningin nya sakin.

Nakaramdam ako ng inis.. hindi sa kanya kundi doon sa mga nakaaway nya!

"Sino??"

"Wag mo ng alamin kung sino---"

"Maxpein!" inis na sigaw ko at natigilan sya pero hindi nya pa rin ako nilingon! Alam nya ang ugali ko na kapag ganitong nag-aalala ako, kailangan nyang sagotin ng deretso ang tanong ko! **"Sino ang gumawa sayo nyan?!"**

"Si Choco.."

"Choco??"

"Tss.. hindi mo kilala di ba?!" halatang inis ring tanong nya na tumingin pa sakin saka tumingin ulit sa malayo. **"Kaya nga sabi ko wag mo ng alamin.. dahil hindi mo naman kilala.."**

"Kung ganon, bakit nya ginawa sayo yan?!"

"Binubully nya ako at nung mga barkada nya---"

"Bakit pumapayag ka?!" inis na tanong ko pa rin at tumingin naman sya sakin.

"E ano naman ngayon sayo?"

Natahimik ako sa prangkang sagot nya!

"Kung napapaaway ako---e ano naman ngayon sayo??" pag-uulit nya. **"Ano bang nangyayari sayo? Bakit nagkakaganyan ka bigla?!"**

"Dahil nag-aalala ako sayo!"

"Bakit? May saksak ba ako? Tama ng bala?? Wala naman di ba? Nakakatayo pako at kahit benteng tao kaya ko pang sapakin ngayon.." malumanay na sagot nya at walang emosyong nakatingin sa kanya. **"Kaya wag ka ng mag-alala dahil wala namang mangyayari'ng masama sakin dito---"**

"At pano ka nakakasiguro?!"

"Dahil hindi ko naman hahayaang gawin nila sakin yon.."

"Nila?! Bakit nila!? Sinong nila?! Akala ko ba kanina yung Choco lang?!"

"Sabi ko.. pati yung barkada nya di ba?? Tss.."

"Bakit daw nila ginagawa sayo yan?!"

"Ewan ko.. pagkapasok ko palang dito.. Ganon na ang trip nila e.."

"Bakit hindi ka magsumbong?!"

"Nandon ka sa Office kanina di ba?? Edi narinig mo yung pinag-usapan don?? Okay na di ba?"

"Bakit ba hindi ka makasagot ng maayos sakin!? Ngayon na lang kita kakausapin---galit ka pa kung sumagot sakin!" inis na sabi ko at natahimik naman sya! **"Nag-aalala ako sayo at sa ayaw at sa gusto mo**

hindi mo mapipigilan ang nararamdaman ko! Masama na bang mag-alala para sayo ngayon??"

"Dahil hindi mo naman kailangang mag-alala.."

"Kusa akong nag-aalala e.."

"Tss.." singhal nya at saka ngumiti. **"Ganon ba talaga kahina ang tingin mo sakin?"**

"H-Hindi.." sagot ko.

"Pumunta ka ba dito.. para dyan?" tanong nya. Napatungo naman ako at sa tumango. **"Bumalik ka na.. baka may duty ka pa.."** sabi nya pa na astang tatayo na pero pinigilan ko sya. Tumingin naman sya sakin at saka dahan dahang hinila ang kamay nyang hinawakan ko pampigil sa kanya.

"B-Bukas.. yung party.. Pupunta ka?"

"Oo.."

Nakaramdam ako ng tuwa!

"Kasama ko sila Deib.. pati yung mga kaibigan namin.." dagdag nya.

"P-Pero.. tayo lang ang invited.." napapahiyang sagot ko.

"Hindi naman yung party ang ipupunta nila.."

"I see.. E anong g-gagawin nila don??" napapahiyang tanong ko.

"Kung anong pwedeng gawin don.."

Hindi ko maintindihan kung bakit nakaramdam ako ng inis!

Tumingin ako sa kanya at nilingon nya naman ako at tumitig sa akin..

"Bumalik ka na sa ospital.. baka may makakita satin dito at makarating kay Dein----"

"Wala naman tayong ginagawang masama.." pigil ko sa sinasabi nya.

"Para satin wala.. pano sa paningin ng ibang tao?"

"Pein.."

"Hindi ko kasi maintindihan kung bakit ginagawa mo pa 'to.." salubong ang kilay na sagot nya at mas napatitig naman ako sa kanya.

"HIndi na ba ako pwedeng mag-alala sayo??" tanong ko at iniiwas nya ang paningin nya at saka tumigin sa malayo. Nanatili naman akong nakatingin sa kanya.

"Wala ka namang dapat na ipag-alala dahil okay naman ako.. Natsambahan lang ako kanina pero wala 'to.."

"E kusa nga akong nag-aalala.. Anong magagawa ko?"

"Ang wag makialam.."

Hindi ako nakasagot..

"Kasi kaya ko naman ang sarili ko at hindi ko pababayaan ang sarili ko.." seryosong sabi nya at muling tumingin sakin. **"Mas dapat mong alalahanin ang masasabi ng girlfriend mo kapag nakarating sa kanyang pinuntahan mo ko dito dahil nag-aalala ka sakin.."**

"Pein.."

"Kung ako man ang nasa posisyon nya ay magseselos ako.. kaya naiintindihan ko sya.." seryosong dagdag pa nya. Napahinga naman ako ng malalim.

"A-Ayaw mo ba akong mag-alala para sayo?" tanong ko at natigilan sya. **"P-Pein.."**

Huminga sya ng malalim at saka yumuko sa paanan nya..

Maya maya pa ay ngumiti sa ng bahagya at saka nilingon ako.

"Hanggang ngayon matigas ang ulo mo.. ginagawa mo kung anong gusto mo.." nakangiting sabi nya sakin. **"Iba na ang sitwasyon ngayon Randall.. konting kilos mo.. may ibang tao'ng maaapektuhan kaya sana maintindihan mo ang sinasabi ko.."**

"Si Deib??"

"Ano si Deib?"

"Maaapektuhan si Deib sa ginagawa ko??"

"Tss.. pano naman sya napasok sa usapan?"

"Sya lang naman ang pwedeng maapektuhan sa ginagawa nating pag-uusap ngayon e---"

"Si Dein ang tinutukoy ko.."

"Hindi nya naman malalaman e.."

"Tss.. sa dami ng mata'ng makakakita satin dito.. Pano ka nakakasiguro?"

"Maiintindihan nya naman kapag sinabi ko ang totoo.."

"Bahala ka sa buhay mo.." walang emosyong sabi nya pa.

Nakaramdam ako ng pagkapahiya kaya naman dahan dahan akong tumayo.

"S-Sige.. kung ayaw mo 'tong ganitong ginagawa ko.. S-Sige.. a-aalis na lang ako.." napapahiyang sabi ko na hindi tumingin sa mga mata nya.

Dahan dahan rin syang tumayo at humarap sakin at saka tumingin sa mga mata ko. Sinalubong ko naman ang mga tingin nya.

"I'm telling you.. you don't have to worry.. I can take care of myself.." malumanay na sabi nya at mas nakaramdam naman ako ng

pagkapahiya. **"Pero thank you pa rin.. kasi kahit papano may pakialam ka pa rin pala sakin.."**

"Hindi naman nawala yun e.." sagot ko at natigilan naman sya. **"I still care for you.. and no matter what I do.. I still care for you.."**

Iniiwas nya ang paningin at salubong ang kilay na muling tumingin sakin.

"Tigilan mo na 'to.." pigil ang inis na sabi nya.

"P-Pein.." kabadong usal ko.

"Kung nag-aalala ka.. Thank you.. but I'm okay now, and I"m telling you that you don't have to worry about me because I'm okay---I'm fine.. Kung magpupumilit ka pa rin sa kabila ng sinabi ko.. para saan pa't ginagawa mo yon?? Kasi hindi ko maintindihan.." halatang inis na talagang sabi nya. At hindi ako nakasagot! **"Kung inaalala mo ko.. salamat.. Pero mas inaalala ko ang masasabi ng ibang tao lalong lalo na ang girlfriend mo kasi kahit anong anggulo ang tignan mo---mali 'to e.. Hindi 'to tama.."**

"Pein.."

"Randall, ex mo ko.. Ex-girlfriend mo ko at ex-boyfriend kita.. May girlfriend ka ngayon at kahit anong gawin mo.. hindi mo maalis sa kanya ang magselos kapag nalamang *'sinadya'* mo pa akong puntahan dito dahil nag-aalala ka sakin.." pigil pa rin ang galit na usal nya. **"So if you really care for me.. please.. just go back to the Hospital because I'm more worried kung anong pwedeng isipin ni Dein sa ganitong ginagawa mo.."**

"I-I'm sorry---"

"It's okay.. just g-go.."

Napakaderetso ng pagkakasabi nya at nakatingin pang talaga sa mga mata ko.

Ramdam kong unti-unting bumagsak ang mga balikat ko..

"I'll see you later.. take care.." pagtatapos nya sa usapan at saka tinalikuran ako at naglakad papalayo..

Pinanood ko sya habang papalayo pero nangingibabaw pa rin ang pagkapahiya sa nararamdaman ko..

Naiintindihan ko sya..

Sarili ko ang hindi ko maintindihan!

Bakit ko nga ba ginagawa pa 'to!?

Naiintindihan ko ang lahat ng sinasabi nya..

Na inaalala nya lang ang iisipin at masasabi ni Dein..

Pero hindi ko maintindihan ang sarili ko kung bakit kailangang pumunta pa ako dito para masiguro'ng okay lang sya..

Nakita ko naman na syang okay kanina pero hindi pa rin mapalagay ang sarili ko hangga't hindi ko sya nakikita at naririnig na sabihing okay na sya..

Pero nung marinig ko na mula sa kanya ay hindi pa rin nagbago yung nararamdaman ko..

Nag-aalala ako masyado..

Hindi ko kayang nakikitang may mga pasa ang mukha mo..

Gusto kong magalit..

Kilala ko si Maxpein at hindi nya ugaling hayaan ang ibang taong saktan lang sya! At talagang may naiwan pang bakas sa mukha nya kaya naman nagtataka ako kung bakit mukhang dehado naman sya!

Hindi ko maiwasang mag-isip ng kung anu-ano!

Bakit naman kaya nila ginagawa yun sa kanya!?

Napapaisip pa rin ako pero ilang minuto na akong nakatayo doon kaya naman nung hindi ko na sya matanaw ay kusa na akong naglakad paalis.

Palabas sa BIS ay kusa akong napahinto sa Parking Lot nung makita ko si More na nakatayo at nakasandal sa kotse nya. Magkakrus ang dalawang braso at nakatingin sa akin..

Hindi masama ang mga tingin nya munit hindi ko pa rin maiwasang kabahan sa mga tingin nya.

Kaya naman kahit malayo pa ako sa kanya ay agad akong yumuko bilang respeto sa kanya.

Matapos nun ay nakahawak sa tyan na lumapit ako sa kanya.

"T-Tito.." bati ko sa kanya at saka muling bahagyang tumango.

"Mmm.." usal nya lang at nanatiling nakatingin sa akin kaya naman agad akong nagtaka.

"I-Is there anything you want to say, T-Tito??" tanong ko.

"Can we have coffee together?" nakangiti at pormal na tanong nya.

Bahagya pa akong nagulat pero nung makabawi ay agad akong tumango at ngumiti sa kanya.

"Do you have time?" tanong nya pa.

"Yes, of course Tito.." sagot ko.

Ngumiti sya bilang tugon at saka nagsimulang maglakad papunta sa malapit na Coffee Shop na nandoon.

Kinakabahan ako munit ayos lang naman. Naglakad ako pasunod sa kanya habang naghahalo-halo ang mga katanungan sa isip ko.

Why did he invited me for a coffee, all of a sudden?

Mabilis kaming nakapasok sa loob non at agad naman kaming nilapitan ng waiter at mabilis rin syang naka-order. Matapos non ay pormal syang nakangiting tumingin sakin.

Pilit kong hindi ipinakita sa kanya ang kaba at pagkailang na nararamdaman ko..

"How have you been??" pormal na tanong nya.

"Mmm.. Okay naman po.." nahihiya pang sagot ko at saka ngumiti. **"Bakit nyo nga po pala ako biglang niyaya??"**

"Gusto kitang makausap.."

I knew it..

Pero bakit nagugulat pa rin ako??

Ano kayang gusto nyang pag-usapan namin???

Kinabahan ako lalo pero hindi pa rin ako nagpahalata..

Nanatili akong pormal na nakatingn sa kanya.

Sabagay.. marami rin akong gustong tanongin sa kanya..

"About what, Tito?" tanong ko.

"About your relationship with my daughter.."

Nagulat na naman ako and this time.. hindi ko nagawang maitago ang pagkagulat kong yon!

Inaasahan kong tungkol kay Maxpein ang pag-uusapan namin pero.. hindi ko inaasahang magiging ganyan kalakas ang dating ng pagkakatanong nya sakin!

Ang paraan ng pagtatanong nya ay masyadong pormal dahilan para talagang kabahan ang tinatanong nya..

"Y-Yes Tito.." wala sa sariling naisagot ko na lang.

"Pinuntahan mo sya dito dahil nag-aalala ka.." nakangiti munit nananatiling pormal na usal nya at napatungo naman ako. **"Wala ka bang duty?"**

"M-Meron po pero.. s-sinabi ko na lang na may emergency---"

"Emergency??" natatawa pa kunwaring tanong nya. **"Hindi yon emergency.."**

Hindi ko maintindihan kung bakit nakaramdam ako ng bahagyang inis sa sinabi nya..

Hindi emergency?! Kaya ba hindi nya man lang ginawan ng paraan para iligtas ang anak nya?! Tsh! Yeah right!

Gusto kong magalit munit hindi ko magawa!

Napatungo na lang ako at eksaktong lumapit naman ang waiter samin at inabot ang order namin.

Tinanguan ko pang muli si More nung tuluyang mailatag ang coffee and cake sa harap namin.

"Hindi na bago yan kay Maxpein... at alam kong alam mo yan.." dagdag nya kaya naman naiangat ko ang paningin ko sa kanya. **"Alam kong alam mo ang ibig kong sabihin.."**

Hindi ako nakapagsalita!!!!

Pareho kaming nakatingin sa isa't-isa pero sadyang hindi ko matagalan ang mga tingin nya dahil pakiramdam ko ang nanglalamon ang mga tingin na yon..

"At nakakasiguro akong kaya'ng kaya nya ang sarili nya.." dagdag nya pa at muli naman akong bumalik sa reyalidad.

"H-Hindi ko po maiwasang hindi mag-alala dahil b-baka kung anong mangyari sa kanya.."

"Pero hindi ba't mas dapat mo pang ikatakot ang maaaring magawa nya kapag naubos ang pasensya nya??" natatawa pang tanong nya kaya naman gulat na naman akong napatingin sa kanya. Nakangiti sya nung magtama ang paningin namin munit unti-unting naging seryoso ang mukha nya at ayon na naman yung nangangaing tingin nya. **"Alam nating lahat na dati ng takaw-gulo si Maxpein.. lapitin ng away at nakikipagbasag-ulo.. Hindi ba't ikaw ang kasama nya noon?? Bakit kailangan mo pang mag-alala ngayon??"**

Bakit nya ba sinasabi ang mga 'to?!

"I d-don't get your point.. Tito..." napapalunok na sabi ko.

"Alam mong myembro ng gang si Maxpein noon.." usal nya na humigop pa muna ng kape.

Nanlaki ang mga mata ko nung bitiwan nya ang mga salitang yun munit hindi ako nakatingin sa kanya!

Hindi ko ipinahalata ang pagkagulat ko at nanatili naman akong nakatungo.

"At ang nasa likod ng mga nangyayari sa kanya ngayon ay yung dating kasamahan nya sa gang.. Alam mo ba yon?"

Nanlaki lalo ang mga mata ko at napatingin ako sa kanya!

Hindi ako makapaniwala sa narinig ko!

Sino?! Sino sa kanila?!

Isa-isang sumibol ang mga tanong sa isip ko!

Pilit kong inalaala ang bawat myembro ng gang na kinabibilangan namin ni Maxpein noon!

Pero ni isa sa kanila ay wala akong maisip o mapaghinalaan dahil lahat naman sila ay walang gawa samin!

"H-Hindi naman po sya naging myembro ng grupo'ng tinutukoy nyo.." paglilinaw ko at kitang kita ko ang bahagyang pagkagulat nya.

Ang *'GANG'* na tinutukoy nya malamang ay ang grupo nila Mallyu at Yago na syang madalas naming makasama noon sa iba't ibang bilyaran.. Nakilala namin sila nung minsan.. iligtas nila kami sa mga basagulero'ng nakalaban namin ni Maxpein sa isang malayong bilyaran dito sa Laguna. Kami ni Maxpein ay dumadayo para sa laro at ganon rin naman ang grupo nila Mallyu pero.. ang pinagkaiba nila samin, *NANGDADAYA* sila para sa pera.. Bagay na hindi naman namin kailanman ginawa ni Maxpein.

"Hindi sya naging member ng gang na yon dahil hindi ko hahayaang mangyari yon, Tito.." hindi ko mapigilan ang sarili kong sumeryoso ng todo at ipakitang sinsero ako.

"Sa kanila lumapit si Maxpein nung mga oras na wala syang makasama.. ilang linggo bago sya umalis sa Pilipinas patungo sa Korea.."

Kinabahan ako sa sinabi nya!

"A-Ano po'ng ibig nyong sabihin??"

"Muli silang nakasama ni Maxpein nung magbreak kayo.."

Natigilan ako sa sinabi nya at hindi ko napigilan ang magulat!

Muling nagkasunod-sunod ang mga tanong sa isip ko!

Bakit kailangan nyang sumama sa mga yon?!

Alam nya bang hindi mababuting tao ang mga yon!?!

Dati ko na syang winarningang wag na wag syang didikit sa kanila! Dahil hindi sila sing babait ng inaakala nya! Pwedeng pwede syang traydorin ng mga iyon!

Lalo akong kinabahan sa nalaman at mga naisip ko!

"Lingid sa kaalaman ng anak ko ay pinaiimbestigahan namin ng Chairman ang nangyayari sa paligid nya munit.. nito lang namin yon naisipan.. Ang totoo ay.. kahapon lang.." seryosong dagdag nya at nakinig naman ako sa kanya. **"Ayaw ko rin namang mapahamak ang**

anak ko pero.. kilala ko sya.. bukod sa ayaw nyang pinakikialaman sya ay sigurado akong kaya nya ang sarili nya.. Bagay na kinabibiliban ko sa kanya.." nakangiting sabi nya pa.

"P-Pero Tito.. b-babae pa rin si Maxpein at kailangan nyang mag-ingat dahil wala naman syang kapangyarihan para labanan yong mga ganong uri ng tao.. Hindi sila basta basta, Tito.. nananakit sila ng tao----"

"I know.." pigil nya sa sinasabi ko. "HIndi ko naman sinabing pababayaan namin ang anak ko.." nakatingin sa mga mata kong sagot nya. **"Wag kang mag-alala dahil.. binabantayan na namin yun Mallyu, Choco at Yago na yon.."**

"Hindi naman ako ganon kaloko'ng Ama para hindi ko bantayang maigi ang anak ko.. It's just that.. alam kong hindi magugustohan ni Maxpein kapag nalaman nya 'to dahil.. ang dating sa kanya ng mga ginagawa namin ay pangingialam.." tumawa pa sya ng bahagya. **"Alam mo naman siguro an takbo ng isip ng isang yon..??"**

Napatango na lang ako bilang sagot sa mga sinabi nya.

"Akala ko nung una ay away bata lang pero.. hindi ko na nagustohan ang mga pasa at sugat na nakita ko kay Maxpein.. sino mang magulang ay hindi papayag ng ganon.." dagdag nya pa.

"A-Ano po'ng balak nyong gawin??"

"Wala naman kaming ibang pwedeng gawin kung hindi ayusin ang meron sila at ilayo sila sa isa't isa.. Wala pa sa tamang edad ang mga yon para makulong.."

Naiintindihan ko sya..

Masyadong kumplikado ang bagay na hinaharap ni Maxpein..

"At isa pa.. wala tayong batas tungkol sa Bullying.." dagdag nya pa.

AUTHOR'S NOTE: Sa panahon noon ay wala pang law about Bullying.. kung meron man, hindi ko alam.. This story happened around 1999-2003*

"Sinasabi ko sayo ang mga bagay na 'to dahil ayaw kong isipin mong wala kaming ginagawa para sa kanya.. Masyado lang talagang matigas ang ulo ng isang yon at hindi nya hinahayaang magdesisyon kami para sa kanya.." bumuntong-hininga pa sya at saka muling tumingin sa akin.

"H-Hindi ko naman po naiisip yon.." sagot ko at ngumiti naman sya.

"Kumusta naman ang relasyon nyo sa isa't isa?"

"M-Magkaibigan pa rin naman po kami pero.. h-hindi na sing ganda ng samahan namin d-dati.." sagot ko.

"Bakit mo naman hinayaang mangyari iyon?"

Hindi ako nakasagot!

Anong ibig nyang sabihin???

"Mahirap maging friends ang dalawang ex-couple pero.. magagawa mo naman yon dahil maayos naman ang naging samahan nyo.. Knowing my daughter.. hindi nya ugaling magtanim ng galit.." dagdag nya pa at nailang naman ako.

Nakaramdam ako ng matinding hiya!

Simula kasi nung makipagbreak ako kay Maxpein ay ngayon ko lang nakausap ang Daddy nya!

Naiilang pa nga ako kanina kaya naman paulit-ulit na Sir ang naitawag ko sa kanya..

Buti na lang at hindi nya naman pinansin..

"H-Hindi ko po kasi alam kung p-pano ko.. k-kakaibiganin si Maxpein.." naisagot ko.

"Bakit naman?"

"N-Naguiguilty pa rin po kasi ako sa ginawa ko.."

"Mmm???" parang gulat na tanong nya at nagtama ang paningin namin. **"You're guilty??"**

"Y-Yes.. T-Tito.."

"Mmmm.." parang nag-isip pa sya kunwari. **"Kung naguiguilty ka e.. baka dahil mahal mo pa rin sya?"**

Muntik pa akong masamid sa derektang tanong ni More na yon!

Hindi ako nakasagot at pinunasahan ko pa ang bibig ko kaya naman naramdaman ko ang nginig ng kamay ko!

Bakit nya ba kailangang tanongin ako ng mga ganito ngayon?!

Hindi ako handa!

"Hahahahaha nabigla yata kita.." natatawang dagdag nya pero hindi ko pa rin nagawang tumingin sa kanya. **"Kung sasabihin mo saking tama ako sa tingin ko ay maiintindihan ko ang nararamdaman mo.."**

Don ako napatingin sa kanya nung sabihin nya ang huling linya'ng yon..

"Oh well.. sa tingin ko ay kailangan ko ng umalis.." sabi nya at saka hinigop ang natitirang coffee nya at saka muling tumingin sa akin. **"Sana ay naging malinaw sayo ang pinag-usapan natin.. walang makakarating kay Maxpein, hangga't maaari.."**

"M-Makakaasa po kayo, Tito.."

"Mmm.. salamat.. May duty ka pa.. sa tingin ko ay kailangan mo ng bumalik.."

"S-Sige po.."

"Thanks for your time.."

"Thank you rin po, Tito.."

Tinapik nya lang ang balikat ko at saka sya naunang umalis..

Pinanood ko pa ang paglayo nya at ganon na rin ang pagdaan paalis ng kotse nya..

Doon ko nailabas ang malalim na buntong-hininga ko..

Ang dami ko pang gustong tanongin.. Masyado syang mailap sumagot..

Gusto kong malaman kung bakit hindi nya ako nagawang kausapin noon tungkol sa amin ni Maxpein?? Bakit kailangang ngayon pa??

At gusto kong malamang kung.. anong ibig nyang sabihing minsan na syang nalagay sa sitwasyon ko nung iwan ko si Maxpein??? Pano nya akong naintindihan?!

Mag-Daddy talaga sila..

Nung maubos ko ang coffee ko ay umalis na rin ako at bumalik sa duty.

MAXWELL'S POV

Pagkatapos ng duty ko ay nagpunta ako sa Mansion para kausapin sina Daddy at Lolo.

"Good afternoon, Sir.." bati sakin nung maid.

"Good afternoon.." pormal na sagot ko at saka dumeretso sa Office ni Chairman.

~KNOCK! KNOCK!~

"Come in.." sagot ni Chairman Moon sa katok ko. Kasalukuyan syang abala sa kung ano mang sinusulat nya sa ibabaw ng mesa. Dahan dahan akong lumapit at naupo sa upuang nasa harap ng mesa at tumango muna sa kanya bago naupo. **"What brought you here?"** pormal na tanong nya na hindi man lang tumingin sakin.

Luminga linga ako at napansin kong tahimik ang paligid.

"Where's Mom?" tanong ko.

"Meeting.." maikling sagot nya.

"And Dad?"

"On his way here.." sagot nya at saka tumingala sa akin at isinandal ang likod nya sa swivel chair nya at seryosong tumingin sakin. **"What do you want?"**

"About Maxpein.." pormal na sagot ko.

Tumingin naman sya sakin ng matagal at blangko ang emosyon ng mukha nya at saka sya muling tumungo at bumalik sa pagsusulat na ginagawa nya.

"What about your sister?" pormal pa ring sagot nya.

"I saw your car outside so I went in.."

Sabay kaming napalingon ni Lolo sa pinto ng Office sa biglaang pagpasok ni Daddy.

Nakatingin sakin si Daddy at tumango muna sya kay Chairman bago tuluyang lumapit at maupo sa harap ko.

Taka syang tumingin sakin.

"Eksakto ang dating nyo.." sabi ko na nakatingin mismo kay Dad.

"Why? What is it?" seryosong tanong nya.

"I want to talk you.. both of you.. About Maxpein.." sagot ko.

"What about her?" tanong muli ni Dad.

"Hindi ko na nagugustohan ang nangyayari sa kanya.." pigil ang inis na sagot ko at dinig ko namang bahagyang klinaro ni Lolo ang lalamunan nya at sumandal na muli sa swiver chair nya at naghawak ang dalawang kamay nya matapos tumingin sa akin.

Now this is serious.

"Alam kong mula nung magtransfer sya sa BIS ay wala ng magandang nangyari sa kanya.. at lahat yon pinalampas ko.. Dahil nakikita ko namang okay sya.. Minsan na rin syang na-ospital dahil sa mga bullies sa secondary pero.. hindi ko na kayang makita yung ngayon.. Andaming pasa ng mukha nya and what??? May humampas ng badminton racket sa likod nya?! Tsh! What the heck, Dad?? Aren't you going to do something about this?!"

"Maxwell.." suway sakin ni Lolo.

Pero hindi ko sya nilingon at nanatili akong nakatingin kay Dad!

"Paulit-ulit lang ang mangyayari dyan kung tulad ng dati ay *'kakausapin'* nyo lang ang mga involved.. Ipapatawag ang magulang.. Bibigyan ng suspension.. And then what will happen next?? Huhupa saglit yung gulo pero babalik at babalik pa rin! It happened already a few weeks ago at nauulit na ngayon.. Dad.. Lolo.. wag na sana nating paabutin sa ganon na paulit-ulit lang mangyayari kay Pein ang ganito.." inis na pakiusap ko.

"So, what you're saying is??" si Dad!

Nainis ako bigla!

"D-Dad!!"

"What do you want us to do, then??" salubong ang kilay na tanong nya sakin. **"How do you expect us to stop this?? Huh?? Maxwell??"**

Hindi ako nakasagot!

"Inaasahan mo bang patalsikin namin sa paarala'ng yon ang mga bata'ng yon??? O inaasahan mong.. gawin namin pabalik sa kanila ang mga ginawa nila kay Maxpein??" halatang galit na tanong sakin ni Dad!

Wala naman akong choice kung hindi ang tumungo dahil sa pagkapahiya at pawiin ang inis at namumuong galit sa utak ko para kumalma ang isip ko..

"Do you think we're not worried? We don't care? Ha!" malakas na sigaw nya pa. **"Kung nag-aalala ka sa kapatid mo---mas nag-aalala ako bilang Daddy nya!"**

Lalo akong napatungo at napabuntong-hininga.

"Enough.." malumanay na singit ni Lolo pero nanatili akong nakatungo. **"Maxwell.."**

"C-Chairman.." napapahiyang sagot ko sa tawag nya at saka dahan dahang tumingin sa kanya. **"I understand that you're mad about what's happening with your sister.. but you also have to understand that we can't do anything about it.. wala tayong pwedeng gawin ora mismo.. Many schools underestimate the frequency of bullying because incidents are rarely reported.. pero hindi kami.. hindi kami ng Daddy mo.."** pormal na paliwanag nya sakin. **"Kahit ang BIS ay walang patakaran na nagsasabing bawal ang mambully sa loob ng School kaya naman hindi magiging madali ang gusto mong mangyari.. Pero huwag mo naman sana isiping wala kaming ginagawang paraan ng Daddy mo dahil hindi ganon yon..."**

"Pero kasi, Lolo.. Kailan pa tayo kikilos?? Wala man lang ba tayong proteksyon na ibibigay para kay Pein??"

"Nasaan si Pein??" sarkastikong tanong ni Lolo at natigilan ako. **"How do expect us to protect her 24/7 kung sya mismo ay wala sa pamamahay natin??"**

Hindi ako nakasagot!

"Kung sya ay hindi natatakot sa sarili nya'ng mapahamak sya.. Anong proteksyon ang ibibigay namin sa kanya?? Hindi maiiwasan ang Bullying kaya wala tayong ibang choice kung hindi ipatawag ang

mga magulang ng mga bullies at kausapin isa-isa.. The sad truth is that bullying does happen and preventative measures do not work at 100%, Maxwell.. We cannot expect that a school is able to keep bullying from happening.. Naiintindihan mo??"

Lalo akong nakaramdam ng inis pero hindi ko magawang kontrahin ang sinasabi nila dahil naiintindihan ko sila!

"Tama ang Daddy mo.. hindi tayo pwedeng kumilos base sa kapangyarihang mayron tayo.. Hindi natin pwedeng paalisin sa BIS ang mga bata'ng yon at gayon na rin ang mga taga-Luna dahil lang *'kayang-kaya'* nating paalisin sila.. At mas lalong hindi natin pwedeng ibalik sa kanila ang ginagawa nila sa kapatid mo.. Hindi natin pwedeng gamitin ang kapangyarihan natin dahil lang dehado si Maxpein.. Mas kinakailangan pa nga nating maging patas dahil sa kapangyarihang mayron tayo! Dahil kapag ginawa natin ang naiisip mo.. kapag dinala tayo parepareho sa hukuman ay matatalo tayo.. Alam mo ba yon??"

Hindi ako lalo nakasagot..

"At isa pa.." dagdag ni Lolo pero hindi ko na nagawang tignan sya. Nanatili akong nakatungo at nagpapahulas ng inis at galit! **"Ang totoo ay mas nag-aalala ako kapag napikon sa kanila ang kapatid mo.. mas lalo tayong walang magagawa don at baka tayo pa ang ireklamo ng mga tao.. Ang totoo.. nagpapasalamat ako dahil hindi nya pinapatulan ang mga yon, kahit na ganon na ang inaabot nya.. Hangga't maaari ay ayaw kong may masabi ang mga magulang nya tungkol sa atin.. kapag nalaman nilang kamag-anak natin si Maxpein, pwede nilang sabihing porket nasa ganitong estado tayo ng pamumuhay ay ganon na lamang ang gagawin natin sa kanila.. Alam mo naman kung paanong magsalita ang ibang mga magulang?? Exaggerated.. At pwede rin nilang gamiting kasangkapan ang kapangyarihan natin para makuha nila ang simpatya ng mga tao'ng mas mababa ang kapangyarihan sa atin.. Sana ay naiintindihan mo ako.. at ang Daddy mo.."**

Nanatili akong tahimik..

"Pinaiimbestigahan na namin ang background nung mga tao'ng involved.. pero sa ngayon ay si Choco pa lang ang naiimbestigahan.." biglang sabat ni Dad at napatingin naman ako sa kanya. **"Tama nga ang hinala ko nung una kong marinig ang pangalan nya.. Funtales.."** tatango-tango pang sabi ni Dad at saka sumeryosong muli. **"Pag-aari natin ang lupa nila.. pero hindi natin magawang ilitin dahil sa magandang**

pakiusap ng mga magulang nya.. Kapag ginantihan natin ang bata'ng yon tulad ng inisiip mo.. maaaring pwede nilang gawing laban sa atin ang pagkakaron nila ng utang sa atin.. Alinman sa mga bagay na hawak natin at hawak nila ay pwedeng mabaliktad, Maxwell.."

"Then, let's tell them the truth, Dad.." sagot ko. **"Yung lahat ng ginawa nila kay Maxpein simula nung una.. At sa pagkakaalam ko.. alinman sa mga kalokohang ginawa nila sa kapatid ko ay walang pinatulan si Maxpein.."**

"Tulad ng sinabi ko ay alinman sa mga bagay na hawak natin ay pwede nilang baliktarin, Maxwell.. Pwede nilang palabasing si Maxpein ang may kasalanan ng lahat at ginagawa nilang yon bilang self-defense.. Lalo na kapag nalaman nila na kayang kaya silang patumbahin ng kapatid mo.. Dahil sa kalokohan nyang Lolo mo, katuturo ng kung anu-anong Martial Arts naging malakas masyado ang loob ng batang yon sa pakikipag-away!" biglang galit na namang sabi ni Dad na salubong na salubong ang kilay at ang tinutukoy nya ay si Mokz. **"Munit gayunpaman ay mas gugustohin kong nakikita syang walang pakialam kaysa umiiyak na parang batang walang magawa.. Wag lang sana nyang gantihan ng matindi dahil paniguradong magkakanda bali-bali ang katawan ng mga batang iyon!"**

"K-Kung ganon, Dad.. sinasabi mong wala talaga tayong pwedeng gawin para makapag-aral ng tahimik si Maxpein!?"

"Mayron.. pero hindi sa paraang alam mo.. hindi sa paraang naiisip mo.. Hindi tayo pwedeng gumamit ng dahas dahil kailangan pa rin nating maging patas.. Oo alam ko.. naiintindihan kong nagagalit ka.. naiinis ka.. Dahil doble pa nyan ang nararamdaman ko.. Pero kailangan nating dumaan sa iba't ibang uri ng proseso.. kailangang sumunod tayo sa patakaran ng batas.."

"Anong batas naman yon??"

"Bullying is not specifically defined in the Code of our Country sa panahong 'to.. However, the acts that are most often associated with bullying are criminal offenses.. These includes threat, harassment, extortion, assault and battery, robbery and hazing.. Kaya naman kung alinman sa mga nabanggit ko ang ginagawa nila kay Maxpein, yon ang gagawin nating dahilan para makasuhan sila.. Gayonpaman, hindi tayo pwedeng magbintang.. at mas lalong hindi tayo pwedeng basta basta magsabi at magkwento.. kinakailangan natin ng ebidensya.."

"Ebidensya?! Tsh! Kailan pa tayo makakakuha non, Dad?! Ibig mong sabihin.. kailangang maulit na muna yung ginawa nila sa kanya para magkaron lang tayo ng ebidensya na na-bubully sya?! That's pathetic!"

"Listen.. okay?!" pakisaup nya at wala na naman akong choice kung di ang tumahimik na naman ako! **"Mayron kaming konting evidences pero hindi enough ang mga yon, dahil don sa evidences na yon ay ibang tao ang mga nandon pero mga taga-BIS.. yon daw ay nung time na minsang nasapak ang kapatid mo sa Parking Lot---"**

"Yes, I know that.." singit ko sa kanya.

"Sa ngayon ay yon pa lang ang hawak namin.. and sad to say na.. kailangan talaga natin ng ebidensya.. Yan ang sabi ng abogado natin Maxwell.."

Unbelievable..

Gusto ko talagang magalit pero wala akong magawa kung hindi magpakawala ng isang malalim na buntong-hininga para mabawasan ang pressure sa katawan ko! Pakiramdam ko ay sasabog ako sa galit!

"Sabi ni Attorney.. ang epekto ng bullying sa biktima ay iba-iba.. her Grades may suffer because her attention is drawn away from learning, she may fear going to school and that fear may lead to absenteeism, truancy, or dropping out from school.. And worst, if the problem of the victim about being bullied persists, victims occasionally feel compelled to take drastic measures, such as vengeance in the form of fighting back, weapon carrying, or even *'suicide'*.." tumingin sya sakin at nagtama ang paningin ko. **"At alinman sa mga yan ay wala sa kapatid mo.. dahil kung titignan mo sya.. *'wala syang pakialam'*.."** pagdidiin pa ni Dad.

Naintindihan ko ang point nya! Sobrang naiintindihan ko dahil ako man, napansin kong walang pakialam si Pein sa mga nangyayari sa kanya!

Badtrip..

"Para sa atin ay nabubully si Maxpein, but look at her.. parang wala lang sa kanya.. Paano natin mapapatunayang nabubully sya?? Kailangan nating maging matalino sa bagay na 'to.. hindi pwedeng basta basta ka lang magkwento at magpakatotoo, Maxwell.. Kailangang maintindihan nila tayo.. Understood??"

"O-Okay.." walang choice na sagot ko. **"Pero sana.. sana lang.. Wag nating pagsisihang.. sa kahihintay nating magkaron ng ebidensya'ng *'nabubully'* nga sya.. ay walang mangyaring masama sa kanya.." inis**

na sabi ko at saka tumayo. "Thanks for your time.. I have to go, may duty pa ako.."

Tumango lang ako sa kanilang dalawa at saka inis na lumabas ng Mansion at nagdrive paalis!

WTF??? Evidence?! Para mapatunayang nabubully si Pein?! Tsh! Anong klaseng hakbang yan!

Kahit naintindihan ko sila.. pakiramdam ko ay wala pa rin akong naintindihan!

Hindi ko maintindihan kung bakit hindi pwedeng ireklamo ang mga ginagawa nila kay Maxpein?!

Dahil babaliktarin nila kami?! Tsh! That's stupid!

Walang batas about Bullying?! E bakit hindi sila magsimulang gumawa ng batas about Bullying! Mas matututwa pa ako kapag ginawa nila yon!

Kapangyarihan.. kapangyarihan.. Tsh! Kahit kailan yan ang importante sa inyo..

Inis akong nagpatuloy sa pagmamaneho hanggang sa makarating ulit ako ng BISH.

Papasok na sana ako sa Doctor's Quarters nung mapansin ko ang isang Intern..

Na mukhang tangang sisilip silip sa pinto ng kwarto ko..

"What are you doing?" pormal na tanong ko.

Hindi nya ako nilingon at sinuway nya pa ako gamit ang kamay nya na parang sinasabing manahimik ako.

Mukhang tangang nagpatuloy sya sa pagsilip na ginagawa nya..

"Hindi mo makikita ang nasa loob nyan, dahil tinted ang salamin na yan!" inis na sabi ko.

At dahan dahan syang nilingon ako!

Napatakip sya sa bibig nya matapos nyang tumingin sa mukha ko!

"Gozon??" takang usal ko ng apelido nya.

"O-Oh my God.. K-Kilala mo ako??" parang hindi makapaniwalang tanong nya at walang gana namang tinignan ko sya mula ulo hanggang paa.

Tsh! Sinong hindi makakakilala sayo!?

"Mmm.. Keziah Gozon.. right?" kunwaring tanong ko at namangha naman sya.

"Oh my God.. Y-Yes.. Yes.. K-Keziah Sirvey Gozon to be exact.. K-Kez for short.." pakilala nya at nginisian ko naman sya ng nakakainsulto.

"Masyadong matunog ang pangalan mo dahil sa hindi mabilang na pagkakamali mo.. Panong hindi kita makikilala???" sarkastikong tanong ko at napayuko naman sya. Nakanguso syang sumimangot na akala mo ay hindi ko sya nakikita. **"Ano bang isinisilip silip mo sa room ko?"**

"H-Ha??" maang-maangang tanong nya pa.

"Tsh.. hindi na ito ang unang beses na nakitang kitang ginagawa 'to.. Now tell me, why do you keep on doing this??"

"H-Ha??"

"Are you stalking me??" tanong ko.

"H-Ha?!"

"W-Would you stop saying *'Ha?!'* and just answer the God damn question!?!" sigaw ko sa kanya!

Stupid!

Inis akong iniiwas ang paningin ko sa kanya matapos kong sigawan sya at nung hindi ko marinig ang sagot nya ay tinabig ko sya at pumasok ako sa loob ng room!

Pero hindi ko pa man tuluyang naibababa ang hawak ko ay saka ko naman naalalang naiwan ko sa kotse ang Stethoscope ko!

Damn it!

Muli akong lumabas at naglakad munit hindi pa man ako nakakarating sa Elevator ay muli kong nakita si Keziah at mukhang tanga namang nagkukumumpas ng kamay nya sa ere!

WTF is wrong with this person??? Sigurado ba syang normal sya?!

"Anong akala nya sakin!? Stalker nya?! Hello?! Ganda kong 'to!? Stalker?! Ha! Crush ko lang sya but I'm not stalking him!" sabi nya na akala mo kausap ang halamang katabi ng Elevator door! **"Nuknukan nga ng gwapo.. nuknukan rin naman ng yabang! Lumamang lang samin ng ilang year akala mo sya na ang pinakamagaling na Doktor!"** mahinang singhal nya pa at saka tumabingi ang ulo nya. **"Sabagay.. hihihihi kaya ko nga pala sya naging crush ay dahil sya nga ang pinakamagaling na doktor samin hihihihihihi!!!! Ang gwapooo nyaaaa!!! Kyaaaaahhh!!!"** mahinang birit nya pa.

Tsh.. She's embarrassing..

Inis akong lumapit at tumayo sa tabi nya at saka walang pakialam na pinindot ang button..

Hindi ko sya tinitignan pero ramdam kong tumingala sya sakin at napatakip pa sya ng bibig nya.

"K-Kanina ka pa dyan??" nanginginig ang boses na tanong nya.

Hindi ko sya sinagot at nanatili akong nakatingin sa pintong hinihintay kong bumukas.

"M-May narinig ka ba??" tanong nya pa.

~TIIINGGGG!!!~

Bumukas ang elevator at pumasok ako..

Pinindot ko ang Ground Level at bago ko sarhan ay tumingin pa muna ako sa kanya at gulat na gulat pa rin syang nakatingin sakin!

"Aren't you going in??" inis na tanong ko.

"A-Ahh yes.. yes.. Y-Yes.." sabi nya na parang batang nakangusong naglakad papasok..

I can't believe this is happening! I hate the day today!

Nung makababa ay hindi ko na sya pinansin pa at nagderetso na lang ako sa kotse ko para kunin ang Stet ko at saka bumalik sa loob para magtrabaho.

MAX'S POV

Mabilis na tumakbo ang oras at pauwi na rin kami.

Sabay sabay kaming naglakad papuntang Parking Lot. Ako, sila Naih, BJ, Michiko, Migz, Lee at Tob.

"Mauna ka na.." sabi ko kay Naih.

"Eh? Bakit?!" takang tanong nya.

"Ihahatid ko pa kasi 'to.." sagot ko na itinuro pa si Sensui.

Gulat silang napatingin sakin at binigyan ko naman sila ng blangkong tingin.

"Ihahatid mo ko??? Bakit?!" taka at gulat na tanong ni Sensui.

"Yiiiieee!" panunukso ni Michiko.

"Uyy!!" panunukso ni BJ.

"Ang taray talaga ng kaibigan natin.. lalakeng lalake! Sya pa talaga ang maghahatid sa manliligaw nya! Siguro teh, dinaan mo sa pananakot ang Deib kaya niligawan ka!? Yung totoo!?" biro naman ni Migz.

"Hahahahahahahahahahahahaahaha!!!!" malakas na tawanan nila maliban samin ni Sensui na sakin pa rin nakatingin.

"Tss.. delikado lang talaga para sa kanya ang mag-isa sa ngayon.. Alam nyo naman yung nangyari kanina.." sagot ko.

"Ooooowwwssss????" nanunuksong tanong pa nila Migz, BJ at Michiko.

Hindi ko sila sinagot.

"O sige na nga.. Jusmeh naman, kung ako man ang nasa katayuan ng Maxpein, mentras na maubos ang andalusya sa pamasahe at pang-gas.. gora na! Makasama lang ang ganyan kagwapong lalake!" si Migz na naman.

"Hahahahahaha! Gaga! Concerned citizenship lang talaga ang Maxpein kaya more hatid sa Deib.. Ikaw naman! Intrimitida ka talaga!" si BJ.

"Parang ikaw lang friend.." si Migz ulit.

"Hoy.. bilisan mo na dyan.. Tara na.." yaya ko kay Sensui.

"Uuwi na tayo samin??" nanunuksong tanong naman nya.

"Uuuuuyyyy!!!!"

"Yiiiiiiiiieeeeeee!"

Bwiset..

"Kung kakayanin mong umuwi mag-isa edi sige.. umuwi ka na lang mag----"

"H-Hindi na hehehehehehehe.. Kung ganyan ka ba naman ng ganyan araw-araw e hehehehehehe.."

"Tss.. Bilisan mo na.."

"S-Saan ba tayo?? Sa kotse ko??"

Engot..

"Sumakay ka sa kotse mo at sasakay ako sa motor ko.. Maiwan ka na.. wag lang 'to.." turo ko sa motor ko.

"Tch! May mas isusweet ka pa ba bukod dyan?!" sarkastikong tanong nya.

Hindi ko naman sya kinibo pa at humarap na lang ako kay Naih.

"Sige na.. mauna ka na.. Ingat.." sabi ko kay Naih.

"O sige sige.. ingat rin kayo.. Guys.. una na ako ah?! Ingat kayo!" nakangiting sabi nya pa sa lahat.

"Sige ingat.." sagot ng lahat.

"Ayyy teka pala.. sya nga pala hehehehe.. yung pasalubong ko.." sabi nya at saka inilabas ang plastik mula sa bag nya. **"Oh eto ang sayo Michiko.."**

"Woooowww thanks a looot Naih!" sagot ni Michiko matapos abutin ang isang maliit na teddy bear.

"Oh eto sayo Migz.. at eto naman sayo BJ.. Eto ang sayo Tob.. eto naman sayo Deib.. hehehehehehehehe! Wag ka na Max.. sapat na yung kaibigan mo ang isang Zarnaih na henyo na, mabait pa

hahahahahahahahaha!" payabang nya sakin at saka muling humarap sa kanila. **"Nagsasalita ang teddy bear na yan kaya naman nagrecord ako ng kanta dyan sa mga yan para naman kapag nai-stress kayo.. papakinggan nyo ang boses ko at mawawala ang stress nyo.."**

"E bakit si Lee.. wala?!" si Sensui.

"A-Ahh hahahahahahahaha.." bigla syang tumawa ng malakas. **"N-Naiwan ko e.."**

"Tss.. meron yan.." sabat ko at pinandilatan nya naman ako ng mga mata. **"Imposibleng wala si Lee.."** dagdag kopa kaya mas nanlaki ang mga mata nya. **"Ilabas mo na.."**

"E-Ehh----"

"Oh ako ang maglalabas??" hamon ko pa.

"E-Eto na nga e.." napapahiyang sabi nya at saka inilabas ang mas malaking teddy bear na doble ng laki ng sa iba.

"Woooowwww mas malaki ang kay Lee!" si Migz.

"Hahahahahahhahaha alam na teh!" si BJ.

"Yiiiieee ang cute cute naman!"

"U-Ubos na kasi yung g-ganyang size k-kaya naman ito na lang ang sa kanya.. Oh!"

"H-Hup!" naiusal ni Lee matapos ibato ni Naih yung para sa kanya. **"A-Ano naman 'to??"**

"Bomba yan malamang! Kung gusto mo camel yan!" pang-aasar sa kanya ni Naih. **"Pakinggan mo para sumabog ka!"** sigaw nya pa at saka sumenyas sa lahat at umalis.

Tss..

Pinanood ng lahat na umalis si Naih at saka inasar si Lee.

"Akalain mong mas sweet pala ang Naih kesa sa Taguro???" pang-aasar ni Migz.

"Bwahahhahahahahaa!!!" tawa nilang lahat.

"Anak ng.. bwahahahahahahahaha pucha pre.. daig ka pa pala ni Naih e!" pang-aasar ni Tob! **"Sugod na dre! Nakakahiya ka! Hahahahaha nauunahan ka pa ng babae---"**

"Shut up, Tob.." inis na sabi ni Lee. **"Take care.."** sabi nya samin ni Sensui at saka naglakad papunta sa kotse nya at umalis.

Bagay nga sila.. Tss..

"Tara.." yaya ko sa kay Sensui.

"Sige hehehehehe.. ayaw mo talagang humiwalay sakin ah??" pang-aasar nya.

"Bukod sa pagiging assuming.. ano pang ibang talent mo??" inis na pang-aasar ko rin sa kanya!

"Ang palaguin ang nararamdaman ko sayo.. bwahahahahahahaha!!!"

"Kyyyyyaaaaaaaaaaaahhh!!!!"

"Hahahahahahahahahah uyyyyy!!! Kilig ang bilbil ng Maxpein!!"

"Hahahahahahahahahahahahaha!!!"

"Yiiiiieeeeeeeeee!!!"

Lahat sila ay tinukso kami..

Kaya naman inis akong tinignan sila isa-isa ng masama!

"Umuwi na rin kayo dahil baka pati kayo samain!" sigaw ko sa kanila.

"Uuuuyyyyyyyy!!!"

"Hahahahahahah.."

"Tss.. sige na.. sige na.. Mauuna na kami.." paalam ko sa kanila.

"Ingatsssss!!!" silang lahat.

"Ingat.." sabi ko at saka tumalikod at naglakad papunta sa motor ko.

Maya maya lang ay nasa byahe na kami at ilang minuto pa ay nasa bahay na kami nila Sensui.

Bumaba muna ako sa motor ko nung lumapit sya sakin.

"Gusto mong pumasok?" nakangiting tanong nya.

"Hindi na.. kailangan ko pang magpahinga.."

"Okay ka na ba?"

"Kanina pa.."

"Hindi na ba masakit yang mga pasa mo?" turo nya pa sa mga yon.

"Masakit kapag hinahawakan.. pero okay lang.."

"Tsk.. nababadtrip ako twing makikita ko yan.."

"Edi wag mong tignan.." inis na sabi ko.

"Ha! Pwede ba naman yon!? E bawat kilos mo.. automatic na napapatingin ako?! Engot.."

"Tss.."

"Tch! Sigurado kang ayaw mong pumasok?"

"Hindi na nga.."

"S-Sige.." nakangusong sabi nya. "Bukas ah?? Hihintayin ulit kita sa Parking Lot.."

"Hindi na.."

"H-Ha?! Bakit!?"

"Hintayin mo na lang ako sa room nyo.. titignan kita don.."

"T-Taguro.."

"Oh?"

"M-Mmm.. n-naiintindihan kong nag-aalala ka sakin.. pero.. parang ang pangit kasing tignan na.. i-ikaw pa yung ganyan sakin.. H-Hindi ba't dapat ako ang ganyan sayo??"

"Anong ganyan?"

"Yung nagliligtas sayo.."

"Tss.. asa ka namang magagawa mo yon para sakin.."

"Ang yabang mo ah!" sigaw nya!

"Tss.."

"Sino namang may sabi sayong hindi ko kayang gawin yon sayo?!"

"Hindi ko sinasabing hindi mo kaya.. ang ibig kong sabihin.. hindi mo pwedeng gawin yon para sakin.."

"At bakit?!"

"Dahil ayoko.."

"Bakit nga!?"

"Ayokong masaktan ka.." sagot ko at natigilan sya.

Maya maya pa ay mukhang tangang nakangiti na sya sakin..

Iniiwas ko ang paningin ko at tumingin sa iba..

"Talagang sweet ka lang kapag tayong dalawa, ano???" ngiting ngiting tanong nya pa at hindi naman ako sumagot. **"S-Sige na nga hehehehehehe.. Pero.."** sumeryoso na naman sya. **"..wag mo ng hahayaang saktan ka nila ha?? Kasi hindi ko rin kayang nakikitang saktan ka nila.. Ayoko.. Your safety matters more than mine.. Kaya kung pwede.. wag mo na hahayaang ganyanin ka nila.."**

"Okay.."

"Seryoso ako okay?!"

"Um-okay na nga ako di ba?!"

"Tch! Kapag may nakita akong panibagong bangas dyan sa mukha mo.. ako mismo sasapak sayo! Naiintindihan mo?!"

"Tss.. mas brutal ka pala sakin e.." pang-aasar ko sa kanya. **"Wag ka ng marami pang sinasabi at pumasok ka na.. Magkita na lang tayo bukas.."**

"Kailangan mong maging malakas.. dahil sasagotin mo pa ako.."

"Hanep.." bulong ko.

"Seryoso ako!"

Ang ingay!

Hindi ko sya sinagot at muli kong iniiwas ang paningin ko.

"Bakit nga kaya.. hindi mo na lang ako sagotin??? Heheheheh.. para malaman ng buong school na girlfriend kita at hindi ka na nila guluhin??"

"Tss.. panget ng suggestion mo.."

"Bakit naman!?"

"E baka nga mas dumami pa ang bullies ko kapag nangyari yang imahinasyon mo.."

"A-Anong imahinasyon!?"

"Bakit?! Hindi ba't imahinasyon ang tawag dyan?! Tss.."

"Ang yabang mo ah!"

"Sobra.."

"Tch!" singhal nya.

"Hindi ka naman nagmamadali di ba??" pang-aasar ko pa sa kanya.

"Tch! May choice ba ako!? Kung mamadaliin kita baka atakihin ka lang ng sapak mo at bastedin mo pa ako!"

"Buti alam mo..??"

"Ano pa nga ba?! Unti-unti ko ng nasasaulo ang ugali mo!"

"Nakukuha mo na nga rin e.. hehehe.."

"Ang loob mo??" nakangiting tanong nya.

"Ang ugali ko.. Tss.."

"Tch.." pabulong na singhal nya. **"O sige na.. umuwi ka na.. Mag-iingat ka at tawagan mo ko pagdating mo.."**

"Asa!"

"A-Anong asa?!" inis na tanong nya.

"Bakit tatawagan pa kita e magkikita naman tayo bukas?! Magastos ka ah!"

"T-Tch! Ganon ka ba talaga kahirap ha?! Edi ako ang tatawag sayo!"

"E pano mo naman malalaman kung nakauwi na ako?!"

"Edi tatawagan kita minu-minuto!"

"Wag na.. itetext na lang kita.."

"O sige.. tapos tatawagan kita?? Hehehehehehe.."

"Tss.. Magpapahinga nga ako di ba?"

"Kahit ilang minuto lang?! Hindi pwede??"

"Hindi.."

"Tsk.."

"H-Hindi yata kasi ako makakatulog ng hindi ko naririnig ang boses mo.."

Abnoy..

"Sige na.. mauuna na ako.."

"Taguro.."

"Ano!!!!!!"

"Ang sungit mo!"

"E ang kulit mo e!"

"E sa gusto pa kitang makasama e.."

"Tss.."

"Five minutes??" nakangising tanong nya pa na ipinakita pa ang kamay nya.

"Hindi na.. pagod ako e.."

"Four minutes???"

"Wag kang makulet.."

"Aaaiiisssh! Tsk! O sige na! Umuwi ka na! At next time.. wag mo namang iparamdam saking ayaw mo kong kasama!"

"Hanep.. inihatid ka na't lahat lintek ka pang manumbat ah!"

"P-Parang ayaw mo kasi akong kasama e.."

"Bahala ka sa buhay mo.. mamuhay ka mag-isa dyan sa imahinasyon mo.. Aalis na ako.. pumasok ka na sa loob.."

"H-Hihintayin mo kong makapasok sa loob??" nakangising tanong nya.

"Oo.. wala akong pakialam sayo e.. kaya sige pumasok ka na.."

"Ha??"

Slow..

"Pumasok ka na.."

"Tsk.. Sige na nga.. Bukas ah!?"

"Oo.."

"Sasagotin mo ko.."

"Asa.."

"Hehehehe.. sige.. sa makalawa na lang.."

At tumalikod na sya nagsimulang maglakad papasok..

Sinundan ko naman sya ng tingin..

Nung makapasok na sya ay saka naman ako sumibat paalis..

♥ K ♥ I ♥ N ♥ A ♥ B ♥ U ♥ K ♥ A ♥ S ♥ A ♥ N ♥

Maaga akong bumangon at naligo kaya naman pagkababa ko..

"Ang aga mo ah??" si Naih.

"Gutom nako.." sabi ko at saka naupo sa mesa. **"Si Yaz?"**

"Maagang umalis.. gagala daw sila ng mga kaibigan nya.."

"Mmm.."

"Hoy.. ikaw ah?! Yung mga biro mo kahapon sa Parking Lot.. naakoooooo!!! Sinabi ko na nga ba't ikaw at ikaw lang ang magbubuko sakin e!"

Hindi ko sya kinibo at kumuha na lang ako ng sinangag.

"E ikaw?! Bakit hindi mo pa sagutin si Sensui?! E halata namang alalang alala ka don sa tao!? May pahatid hatid ka pa nga e.."

"Ayaw ko lang na sundan sya nila Mallyu.."

"Suuuusss palusot ka pa!"

Inis akong hininto ang ginagawa ko at seryosong tumingin sa kanya.

"Ilang beses sinapak ni Sensui si Choco.. sinipa nya pa ng isang beses sa mismong panga.. Sa tingin mo ba.. hindi sya gagantihan ni Choco?? At malamang.. sila Mallyu at Yago ulit ang aarkilahin nun para iganti sya.. yung dalawang yun lang naman ang kilala nyang makakati ang palad sa pera.."

"Seryoso??" kabadong tanong nya at tumango naman ako. **"E-Eh bakit naman kasi ginawa ni Sensui yun?!"**

"Dahil tulad mo.. hindi nya naiintindihan ang sinasabi kong *'wag makialam'..*" sarkastikong sagot ko at ngumuso naman sya.

"E hindi mo rin naman kasi talaga maiaalis samin ang mag-alala sayo, Max.."

"Ilang beses ko bang sasabihing kaya ko ang sarili ko?? Naih.. kung kailangan ko ng tulong.. ako na ang kusang magsasabi sa inyo.. Hindi ko naman sinabing wag kayong mag-alala e.. ang sakin lang, wag nyo ng idamay yung sarili nyo.."

"E k-kasi nga---"

"Dahil natatakot akong isa sa mga taong malapit sakin ay madamay.. Naih, kilala mo sila Yago.. hindi sila sumusugod ng iisa o dadalawa lang sila.. sumusugod sila kapag marami sila! Pano kung matsambahan ka?? O si Sensui!? O yung iba pa nating kasama?! Sa dami ng gulo sa pagitan namin ni Choco at nila Mallyu at Yago, ni

minsan ba nakita mong ginalaw nila si Lee?? Si Tob?! Sila Michiko, Migz o BJ??? Hindi di ba?? Kasi ni isa sa kanila.. hindi nagawang tumulong sakin.. Hindi man pakikialam ang tawag sa ginagawa nyo.. tulong man yan o ano.. the fact na nakikita nilang nag-aalala kayo sakin, mas nagiging delikado ang lagay nyo.. Kaya sana naiintindihan mo ako.." seryosong sabi ko sa kanya at tumingin naman sya ng seryoso sakin.

"E bakit naman kasi hindi mo ipinaliwanag ng maayos yan nung nakaraan.."

"Kasi hindi mo naman naiintindihan.."

"Pano ko nga kasi maiintindihan.. e puro ka payabang! Yung mga litanya mo.. pang hambugan! May nalalaman ka pang *'hangga't maaari.. oo!'*.. Leche!!!!"

"Mga kayabangan mo rin e noh??? Masabing cool ka.. mga pinagsasasabi mo rin e.." pang-iinis nya pa. "**Kumain ka na!**"

"Anong ulam?"

"Kamatis!"

Gulat akong napatingin sa kanya..

"Matapang ka di ba?! Yan ang ulamin mo.. KAMATIS! Pampatibay ng puso!" sarkastikong sabi nya at saka pumunta sa kusina..

Abnormal...

Maya maya lang ay bumalik na sya dala ang itlog, corned beef at coffee.

"Mamaya na yung party.. wala man lang ba tayong regalo kila Nessa at Tim?!" tanong nya habang nagsasalin ng rice sa kanya.

"Tss.. alam naman nilang estudyante palang tayo e.. bakit magreregalo pa tayo?"

"Ang kurikuripot mo! Hindi ka na nga pinagbabayad ng bills at upa sa bahay na 'to.. bayad na rin ang tuition mo----wala ka pa ring pera?! Saan napupunta ang pera mo!? Kabibili ng ibibigay kay Sensui at pagpapagas para maihatid si Sensui!? My God, Maxpein! Yan ang walang gusto ah!?"

Inis akong tinignan sya at bumuntong-hininga.

"TB ang hanap-buhay ko.. walang kamatayang paglalampaso at pagseserve sa mga manginginom na dumadayo.. E mas nabibilang ko pa yung ipinasok ko sa TB kesa sa absences ko ah?! Anong kikitain ko?! Mag-isip ka nga!"

"Oo nga noh?? Hehehehe.. sorry naman.. minsan, tanga rin.. hehehehe!"

"Tss.. at saka isang beses ko lang niregaluhan si Sensui.."

"Oo nga pala, nagustohan nya ba?!"

"Mmm.."

"Talaga?! Yiiieeee.. alam mo Max? Bagay kayo.."

"Pero mas bagay kayo ni Lee.."

"Psh! Ayan ka na naman ah! Hindi ba pwedeng manahimik ka na lang!?"

"Pwede rin naman.. kung kayo na.."

"A-Ahh?! E ni hindi pa nga kayo ni Deib ah!?"

"Tss.. ano ba 'to?! Karera?!"

"H-Hindi.."

"Wag mo ngang ibase ang lovelife mo sa lovelife ko?! Tss.."

"Yiiieeee edi lovelife mo ng matatawag yung sa inyo ni Deib??"

"Oo naman.. hindi ko nga lang sya mahal.." deretsong sagot ko at natigilan na naman sya..

"As in wala pa rin talaga??" malungkot na tanong nya. **"Kahit konti??"**

"Hindi ko maintindihan ang sarili ko Naih.. hindi naman ako malungkot o ano kapag kasama ko si Sensui pero.. kapag si Randall ang nakakasama ko nag-iiba yung mood ko.. Nung isang beses na may laro tayo.. nung malaman kong hindi sya makakapunta, nawalan ako ng gana.. Kahapon, ang sakit sakit nung mga sugat at pasa ko pero nawala lahat nung makita ko ang mukha nya.."

"W-What?!"

Hindi sya makapaniwala at hindi rin naman ako makasagot..

"M-Max naman.."

"Hindi ko talaga maintindihan.. Parang si Randall pa rin pero.. hindi ko na kayang saktan si Sensui.."

"B-Bakit?? Panong nangyari yon??"

"H-Hindi ko nga alam e.. h-hindi ko maiexplain.. Gusto ko mang pahintuin si Deib sa ginagawa nya.. natatakot talaga akong masaktan sya.."

"P-Pero.. alam mo namang mas masasaktan mo lang sya kapag pinagpatuloy mong ganyan ang relasyon nyong dalawa.. kasi Max umaasa sya.."

"Alam ko.."

Nangibabaw ang katahimikan saming dalawa at pareho kaming nag-iisip..

Totoo ang sinabi ko sa kanya..

Si Randall pa rin..

Si Randall pa rin talaga..

Kelan ba kita makakalimutan?!

"May laro nga pala tayo mamaya.. Anong tako ang gagamitin mo??"

Buti na lang pinaalala nya..

Hindi ko na sya sinagot at iniwan ko na lang sya ng makahulugang tingin..

Nung matapos kaming kumain ay muli akong umakyat pabalik sa kwarto ko at binuksan ko ang cabinet ko..

Kinuha ko ang tako na dapat na ibibigay ko kay Randall noon..

Binuksan ko ang kaha at saka ko inilabas ang tako..

Tulad ng dati makintab pa rin at bagong bago..

Mabilis kong ibinalik sa kaha yun at muling bumaba at sumakay sa motor ko.

Maya maya lang ay nasa school na kami..

"Oh?!" gulat na turo ni Naih sa likod ko.

Binigyan ko naman sya ng blangkong tingin at saka ako naglakad papasok ng school.

"Y-Yan ang gagamitin mo?!" gulat na tanong nya pa.

"Mmm.."

"Bakit?!"

"Wala akong ibang pwedeng gamitin.. hindi ako sanay sa mga tako mo.."

"Ang astiiiiggg nyaaann, Maaaaxxx!!!!" tuwang tuwang sabi nya.

"Mmm.. at ngayon ko lang 'to gagamitin.."

"Oo nga.. nako, babasbasan ko muna hahahahaha.."

"Wag na.. baka malasin pa.."

"Sige magyabang ka!"

"Tss.."

Pagkarating namin sa room ay agad na sinabi samin ni Jigz ang sched.

"Alas nube kayo.." si Jigz.

"Mmm.. kayo??" tanong ni Naih sa kanya.

"Alas dies tapos rekta uwi na hahahahaha.."

"Goodluck ah?!"

"Oo.. galingan natin.. All the way to the finals hahahahaha!"

"Sana nga tayo ang magchampion.."

"Panigurado yan! Pareho naman tayong iisa ang talo hehehehe.."

"Sana nga Jigz.. sana nga hehehehehe.."

"Punta muna ako kila Sensui.." sabat ko at sumeryoso si Naih.

Hindi nya ako sinagot at umasta na lang sya na kunwaring nagpupunas ng tako nya.

Hindi ko naman na sya pinansin at lumabas na ako ng room..

"Wooowww.. nice case..."

Paglingon ko sa likod...

SI SAMANTHA..

"Anong brand nyan??" nakangising tanong nya pa.

"Intimidator.."

"H-Ha?? Hahahahahaha am I intimidating?? Oh.. I'm sorry.. I just wanna know---"

"Intimidator ang brand.. McDermott's Intimidator Cue Stick.."

"N-Nice.. that's very expensive.." sarkastikong usal nya.

"Most expensive.." pormal na sagot ko at mas natigilan sya at tinaasan ako ng kilay.

"Pano mo naman ipangsasargo yan??" natatawang tanong nya.

"Kung pano ako sumargo.." sarkastikong sagot ko.

"Oh well.. tapos na ang lahat ng laban ko.. meron ka pang isa.. sana nga, tayo ang magkalaban sa finals, Maxpein.."

"Makakaasa ka.. Samantha.." mayabang na sabi ko at saka tinalikuran sya..

Aga aga.. buset..

Mabilis akong naglakad papunta sa room nila Sensui.

"Oh.. Deib Lohr! May dalaw ka!" pang-aasar ni Ivan, team mate nya.

At saka dumungaw si Sensui mula sa likod ng mga locker at tumingin sakin..

Anong nangyari sa mukha nyan?!

Salubong ang kilay na lumabas sya ng room na yon at masama ang tingin sakin!

"A-Anong nangyari sayo??" takang tanong ko.

"Ano ba sa tingin mo!?"

Galit?!

Anong nangyari sa kanya?!

Anong malay ko..?! Tss..

Ang itim itim ng eyebags nya at ang tamlay ng mukha nya! Halatang halata na puyat sya!

"Hindi ako nakatulog kahihintay sa text mo!" sigaw nya!

Badtrip.. nawala sa isip ko!

"Tch! Ano?! Nalimutan mo!? Okay lang! Ang tanga ko lang kasi hindi pa ako nasanay sayo!" sabi nya at saka inis na tinalikuran ako!

"T-Teka lang.." pigil ko sa kanya. **"K-Kumain ka na ba??"**

"Anong pakialam mo!?"

"I-Ilibre kita.."

"May pera ako!"

"Edi ilibre mo ko.."

"Hindi ako gutom!"

"Edi kumain ka pa rin.."

"Bakit ba ang kulit mo!?"

"E bakit ba nagagalit ka?" malumanay na tanong ko.

"Dahil nakakabadtrip ka!" sigaw nya.

"Aga aga.. LQ.."

Sabay kaming napalingon kay... LEE!!!

Taka akong pinagmasdan ang mukha ni Lee!

Mukhang kapapasok nya lang dahil bitbit nya pa ang bag nya..

"T-Teka nga.. a-anong nangyari sa mukha mo??" tanong ko kay Lee.

"Bakit??" takang tanong nya na hinawakan pa ang pisngi nya.

"Napuyat ka ba??"

"H-Ha??"

"Napuyat ka ba kako?!"

"M-Medyo---"

"Medyo.. e bakit nagsusuntukan yang mga eyebags mo?" biro ko.

"Tsh.. si Deib rin naman oh, mukhang puyat.. Sya na lang ang pansinin mo.. pasok nako.." malungkot na sabi nya at saka pumasok..

"Anung nangyari dun?" bulong ko pa.

"Kung si Lee ang gusto mong kausapin.. sundan mo na lang sya.." si Sensui.

Emo..

"Ano?? Kakain ka ba o ano?? May laro ako ng alas nuebe.. hindi na kita masasamahan.."

"Okay lang.."

Galit ba talaga sya??

Tsk.. bahala na nga sya.. Hindi ko ugaling mangulit..

"Sige.. balik nako don.." sabi ko at saka tinalikuran sya.

"T-Teka!"

Bibigay rin pala e..

"A-Ano bang ililibre mo sakin??" tanong nya pa. Nagpanggap naman akong walang maalala.

"May sinabi ba ako?!"

"M-Meron!!!"

"Ahh.. kalimutan mo na yun.. balik nako don---"

"T-Teka sabi e!" pigil nya na naman sakin.

Tsk tsk tsk..

"S-Sige na! Ako na manlilibre sayo! Sa sobrang badtrip ko sayo hindi na ako nakakain!" malakas na bulong nya at saka tinalikuran ako at pumasok sa loob at maya maya lang ay bumalik na rin.

"Ugaling ugali mo yung ganyan e noh??" pang-aasar ko sa kanya nung magsimula kaming maglakad.

"Ang ano na naman!"

"Yung mag-inarte sa harap ko?!"

"A-Anong mag-inarte?!!!"

"Tss.. tara.. bilisan mo.. Baka ma-late ako sa laban ko.. mababawasan ang yabang ko.."

"Tch!"

Nung makarating kami sa Canteen ay mabilis na umugong ang bulungan ng mga students pero ni isa sa kanila ay hindi namin pinakinggan.. Mabilis na um-order si Sensui ng pagkain at kahit na busog na busog na ako ay ayokong tumanggi dahil mas lalala ang pag-iinarte nya.

"Anong sayo?!" tanong nya pa.

"Cake na lang.."

"Hindi ka kumakain ng cake di ba!?" takang tanong nya.

"Kakain pa lang.."

"Tch! Ano nga?!"

"Sige ensaymada na lang.."

"Sigurado ka?!"

"Oo.."

"Tch!" singhal nya at saka lumapit sa line at naupo naman ako sa table.

Inilapag ko ang cue stick ko doon at saka ko naman tinitigan yon..

Sana swertehin pa rin ako ngayong ikaw na ang gamit ko..

Pero kapag hindi.. babaliin kita sa mismong ilong ni Choco..

Kapag umatake ang topak ko.. gagawin ko talaga yon..

Ilang minuto pa ang nakalipas bago nakabalik si Sensui.

"Ang tagal mo naman??" tanong ko pa. Pero hindi nya ako sinagot at iniwan ng masamang tingin lang talaga..

Arte..

Maya maya naman ay dumating ang waiter at...

WTF???

"A-Ano 'to!?" gulat na tanong ko!

"Engsaymada!"

"Anong engsaymada?! Ensaymada!"

"Yun na rin yon.. Tch.."

"B-Bakit ganito karami!?"

"Wala ka namang sinabi kung ilan di ba?!" galit pa rin tanong nya.

"P-Pero wala naman akong sinabing ganito karame!"

"Kumain ka na lang! Wag ka ng mag-inarte!"

dO___Ob

At ako naman ang nag-iinarte ngayon?! Hanep..

Mabilis kong inilabas ang cellphone ko at tinext si Naih.

Compose Message

Naih

Hoy, punta ka dito sa Canteen.

Dami epti..

Message Sent!

08:18am

"Sinong katext mo!?"

Gulat akong napatingin sa kanya!

"S-Si Naih tinext ko.."

"Ayoooonnn!!! Yung kasama mo na mismo sa bahay.. at maya maya ay nakakausap mo.. nagagawa mong itext.. Pero ako?! Ako na mamamatay kapag hindi ka nakita.. isang text lang! Isang text lang Taguro... hindi mo pa magawa?!"

"H-Hindi naman sa g-ganon.. n-nawala kasi sa isip ko kagabi sa s-sobrang pagod---"

"Ayokong marinig yan!"

"Y-Yun naman talaga yung totoo e.."

"Ayoko ngang marinig yan!"

"Tss.."

"Dahil kung talagang mahalaga sayo ang isang tao.. kahit anong pagod mo.. magtetext at magtetext ka pa rin.. Ayos lang.. hindi ko naman nalilimutan lahat ng sinabi mo e.. Sige, kumain ka na.." seryosong sabi nya at natigilan naman ako at napatitig sa kanya.

Nagtuloy kami sa pagkain at hindi naman dumating si Naih.

Mag-isa ko lang ring binuhat lahat ng ensaymadang binili ni Sensui.

Maya maya lang rin ay nagsimula na ang laban namin..

"Binili ni Sensui lahat yun??" tanong pa ni Naih habang naglalakad kami papunta sa mesa.

"Mmm.."

"Andami naman?!"

"Ewan ko ba kung anong trip non.."

"Psh.. tapos sayo wala lang??"

Haaaaayysss..

Nakaramdam naman ako ng kaunting guilt sa nagawa ko at sa sinabi ni Naih.

Mabilis na nagsimula ang laban..

Magaling ang kalaban pero hindi pa rin kami nagpasindak ni Naih..

Munit sa kalagitnaan..

Sumasablay ako..

Nagmintis ang huling tira ko kung kailan naihulog ko na ang uno hanggang otso..

4-3 ang score.. 4 kami.. 3 sila..

Naupo ako at liningon ko si Naih.

"Anong nangyari?" bulong nya.

"Manipis.." sagot ko.

"Tsk.. hindi ka kasi sanay sa tako mo.." bulong na naman nya at hindi ko naman sya pinansin.

Nagtuloy ang laban at umabot muna hang 4-7 ang score bago sumablay ang kalaban dahilan para tumayo si Naih at makascore ng isa. 8-7 na ang score. 8 kami at 7 sila.. Ako naman ang tumayo dahil turn ko na..

Mula pagbreak ko ng mga bola ay swabe kong naihulog hanggang singko munit mali ang prepa ko dahilan para mahirapan ako sa sais at di makahanap ng magandang pwesto para sa siete at otso..

Badtrip..

Muling umugong ang bulungan..

"Nako... Ang layo ng pato sa sais ni Taguro.."

"Dapat kasi ay hindi nya nilakas ang tira sa singko.."

"Oo nga.."

"Sana ay matsambahan nya para manalo tayo.."

"Sana nga.."

Sinipat kong maige ang bola pero mukhang mahihirapan talaga ako..

Straight nga ang pato sa sais pero nakaharang ang otso at nuebe sa pagitan nito..

"Goooooo Maxpeeeeiiinn!!!!"

"Wooooohhh kaya mo yan Max!"

"Leeeettt's goooo BIS!!!"

Dinig na dinig ko ang sigawan nila Migz, Michiko at BJ dahilan para sulyapan ko sila..

Natanaw ko rin si Sensui at blangko ang emosyong nanonood lang sya sakin..

Munit nung ibalik ko sa mesa ang paningin ko..

Nahagip ng mga mata ko ang isang pamilyar na tao..

Muli akong tumingin sa nadaanan ng paningin ko at..

SI RANDALL!!!

Nakatayo sya sa may Entrance at nakapasok sa dalawang bulsa nya ang mga kamay nya at deretsong nakatingin sakin!

Nung magtama ang paningin namin ay ngumiti sya at tumango..

Para bang sinasabi nyang *'kaya mo yan'*..

Kaya naman mabilis akong pumwesto at minase ang bola!!!

Parang nagslow motion ang lahat at...

HULOG!!

"Kyaaaaaaaaaaa!!!"

"Goooo gooo gooo Tagurrrroooo!!!"

"Let's gooooo BIS!"

"Puchaness ang lupet!"

"Ang galing nya talaga!"

"Although nakakainis talaga sya! This is for BIS so whatever!"

"Hahahahahahaha! And look who's here.."

"Who?!"

"Si Randall!"

"Oh?! Nasan!? Malamang si Taguro ang pinapanood nyan.."

"What do you expect?! Psh.."

Hindi ko na pinansin pa ang bulungan at nagtuloy na alng ako sa paglalaro..

HULOG!!!

"Kyaaaaaaaaa!"

"Ang galing!!!"

"Gooo Tagurooo!"

"Goooo BIS!!!"

Napangiti ako nung maihulog ko ng sunod sunod ang bola hanggang otso at maganda ang naging prepa ko para sa nuebe..

Muli akong sumulyap kay Randall bago tumira at nakangiti sya sakin!

"Goooo Maxpein!!!!!" sigaw nya.

Hindi ko inaasahang isisigaw ni Randall yon!!!!

"Oh my God! Did you hear that!?"

"Who's that?!"

"Si Randall yung nagcheer sa kanya!"

"Really!?"

"Sure ka!?"

"Oo naman! Sinigaw nya yung Gooo Maxpein!"

"Hindi nga!?"

"Yes! I was looking at him noh!"

"OMG! Nakakakilig!"

"Oo nga! Kung ako siguro ichicheer ni Randall mahuhulog ang panty ko!"

"Ang landi mo talaga beh!"

"Hahahahaha!"

Hindi ko maintindihan kung bakit napatingin ako kay Sensui!

Nakatayo si Sensui at salubong ang kilay na nakatanaw kay Randall na kasalukuyan namang nakatingin sakin! Nagpapalit-palit ang palihim na tingin ko sa kanilang dalawa habang kunwaring nagtitisa!

Munit laking gulat ko nung pagtingin ko kay Sensui ay seryoso munit salubong ang kilay nyang nakatingin sakin!

Mas ikinagulat ko ang pagbagsak ng mga balikat nya at dahan dahang naglakad papalayo!

Anong nangyari don?

"Hoy Max.. tira na aba!" dinig kong malakas na bulong ni Naih kaya naman wala na akong choice kung hindi ang pumwesto at tumira..

PANALO!

"Kyaaaaa!!!!"

"BIS na ang Champioooonn nyaaaan!"

"Goooo BIS!"

"Let's goooo Taguro and Naiiih!!"

"Waaaaaa anggagaling!"

"Ano pa nga bang aasahan natin e mukhang sila lang naman talaga at yung mga taga-SIS ang malupit sa linya'ng 'to!"

"Ang astig nila grabe.."

"Woooohh congraaattsss!!!!"

Mabilis na in-announce ang pagkapanalo namin at ilang saglit pa ay naglakad na kami ni Naih pabalik sa bench..

Hindi ko na natanaw pa si Randall.

"Congrats.."

Sabay kaming napatingin ni Naih sa kaliwa namin nung biglang may magsalita..

SI SAMANTHA... na naman..

"Thanks.." nakangiting sagot ni Naih sa kanya.

"So I guess, I'll see you again next week??" si Sam habang sakin pa rin nakatingin.

"Sure Sam.." sagot ni Naih.

"I'm not talking to you.." nakangiti munit sarkastikong sagot ni Sam sa kanya.

"I am.." sarkastikong sagot rin ni Naih at saka sinulyapan ako at sabay kaming naglakad papunta sa bench.

"Oyyy teeehh eto na! Eto na nga ba ang sinasabi ko e! Magchachampion tayo bwahahahahhahahaha!" si Migz.

"Nako.. ano ka ba?! Ayun nga't nakasalubong na namin ang Dyosa ng kayabangan at atat na atat na atang makalaban kami sa finals.." si Naih.

"Si Sam?!"

"Mmm.."

"Nako.. kayang kaya nyo yan.."

"Ano pa nga ba?! Bwahahahahhahaha!"

"Congrats.." si Lee.

"Mmm.. thanks.." sagot ko.

Pero mabilis na hinanap ng mga mata ko si Sensui.

"A-Ahh.. nauna na si Deib.. may laro kasi kami e.." si Tob. **"Baka nandon sya sa room.. p-puntahan mo nalang kung gusto mo.. hehehehehe.."**

"A-Ahh..." usal ko na lang. Tinapik ko si Naih sa balikat at saka ako lumabas.

Naglakad ako palabas ng Gym at mula sa kinatatayuan ko ay tinanaw ko na agad ang room ng team nila Sensui at bukas naman ang pinto nun kaya naman paniguradong nandon sya..

"Congrats.."

Napahinto ako nung marinig ko ang isang pamilyar na boses.. Dahan dahan ko naman yong nilingon..

"R-Randall.." naiusal ko pagkaharap ko sa kanya. Nakangiti sya sakin at nananatiling nakapasok ang mga kamay nya sa bulsa. **"Thanks.."** nakangiti ring sagot ko sa kanya.

"Hindi ko alam na nakuha mo pala talaga ang tako na yan??" sabi nya na itinuro pa ang tako ko.

"Mmm.. e-eto dapat yung ibibigay ko sayo.." pormal na sagot ko at natigilan sya at gulat na napatingin sa mga mata ko. Pilit ang ngiting iginanti ko sa kanya. **"Binali ni Choco yung tako ko kahapon kaya kami nagkarambol.. Wala akong gagamiting tako.."**

"I s-see.." napapalunok na sagot nya at saka pilit ring ngumiti. **"P-Pahiram ako minsan ah??"**

"Sige.." nakangiting sagot ko.

"Maexperience ko man lang gamitin ang takong pangarap ko.. h-hehehehe.."

"Mmmm.."

"Mmm.. m-may laro ka pa??"

"Wala na.. sa tuesday na yung next.. Finals.."

"I see.. Sa Luna na yon di ba??"

"Mmm.."

"Sana makapunta ako.."

"SIS ang kalaban ko.."

"Si Sam??"

"Mmm.."

"Galingan mo.."

"Magaling na.." mayabang na sagot ko.

"Yan ang gusto ko sayo e hehehehehe.."

Hindi ko naman sya sinagot at ngiti lang ang iginanti ko kaya naman napabuntong-hininga sya at tumingin sa malayo at saka muling tumingin sakin.

"Mamaya yung party.. p-punta ka ah??"

"Mmm.. naisip na nga ni Naih kung ano daw regalo ang dadalhin namin.."

"Ahh hehehehe.. Si Tim naman yon.. hindi mahilig sa gifts.."

"Mmm.. Oo nga pero.. ikakasal na sya kaya naman maganda na rin sigurong may regalo kami.."

"Edi pag-isahin nyo na lang.."

Wala nga sana akong planong magregalo e..

"O-Oo.. g-ganon na nga hehehehehe.. A-Ano ba ang pwedeng iregalo sa ikakasal??"

"HIndi ko alam e.."

"Mmm.. ano kayang gusto ng mga bagong kasal??" mahinang bulong ko pa sa sarili ko.

"Hindi ko rin alam hehehehe.. hindi ko pa naman naranasang ikasal.."

Taas ang kilay na apatingin ako sa kanya at..

"Hahahahahahahahahaha.." sabay kaming natawa.

"Siguro.. si Nessa na lang ang regaluhan nyo hehehehehehe.. Mahilig naman sa mga simpleng bagay yon kaya naman kahit anong ibigay nyo ma-aappreciate non.."

"Mmm.. ganon na nga lang siguro.."

"O sya sige na.. mauuna na ako.. Uuwi na rin ako, kaya kita na lang tayo mamaya.."

"Wala kang duty??"

"W-Wala e.. nagkaaberya lang ng konti hehehehe.."

"Saan?"

"A-Ahh wala yon hehehe.."

"Sige.."

"Sige mauna na ako.. mamaya ah??"

"Mmm.. sige.. Ingat.."

"Salamat.. Congrats uli.."

"Thanks.."

"See you.."

Nagulat ako nung bigla nyang ipatong ang kamay nya sa ulo ko bago tuluyang talikuran ako at maglakad papalayo..

Nanatili akong gulat habang nakatuon ang paningin sa papalayong Randall pero parang hindi ko sya maaninag sa sobrang pagkagulat...

Mabilis akong nagrecover at agad na humarap papunta sa daan patungo sa room nila Sensui pero...

Nakita ko na syang nakatingin sakin bago pa man ako magsimulang maglakad papalapit sa kanya!!!!

A-Ang sama naman ng tingin nya?!

Masama ang tingin nya sakin at mabilis nya ring iniiwas yon at saka isinabit ang bag nya sa balikat nya at saka nagsimulang maglakad papunta sa court!

Ano bang nangyayari dito?!

Napabuntong-hininga na muna ako bago tuluyang lakarin ang daan pasalubong sa kanya..

"P-Panalo kami.." sambit ko pero..

Nanatili syang tahimik!

"Galingan mo sa laro nyo ah??" seryosong dagdag ko na kunwaring inayos pa ang pagkakasabit ng tako ko pero hindi pa rin sya sumagot at nagtuloy lang sa paglalakad. **"Manonood ako ah??"**

Nanatili syang naglalakad at hindi ako pinapansin!

Nakahawak sya sa bag nya at nananatili ring salubong ang mga kilay nya! Bago pa man kami makarating sa Entrance ng Basketball Court ay hinawakan ko na sya sa braso dahilan para matigilan sya sa paglalakad!

Iniharap ko sya sakin pero agad nyang iniiwas ang paningin nya sakin..

"A-Ano bang nangyayari sayo???" tanong ko pero hindi pa rin sya sumagot! **"Hindi mo tinapos ang laro ko at ngayon hindi mo ko kinakausap.. D-Dahil pa rin ba 'to don sa kagabi??"**

HINDI PA RIN SYA SUMAGOT!!!

At hindi pa rin sya tumitingin sakin!

Nanatili syang nakatingin sa malayo habang bahagya pa ring salubong ang kilay nya!

"S-Sorry na.." salubong rin ang kilay na usal ko. Hindi naman labag sa loob ko ang sabihin yon, pero hindi rin ganon kabukal sa loob kong sabihin yon!

"K-Kung nagagalit ka dahil kagabi sorry na.. Nawala talaga sa isip ko.."

Malakas nyang hinigit yung braso nya dahilan para magulat ako!

Hindi sya umalis pero ngayon ay tumingin na sya sakin at masama talaga ang tingin nya!

"Tapos ka na ba?? Kasi may laro pa ako e.." galit pa ring usal nya at natiglan naman ako at napabuntong-hininga.

"S-Sige na.. pumasok ka na.." sagot ko at pasiring nyang inalis ang paningin nya sakin at saka nagtuloy sa paglalakad!

Badtrip..

Ano bang ginawa ko sa kanya?! Tsk!

Inis akong naglakad papunta sa room namin at kumuha ng ensaymada at inis na kinain yon!

"Hoy! Glutton! Anong ginagawa mo dyan!? Magsisimula na ang laban ng Sensui oh!?" si Migz. Hindi ko naman sya pinansin at nagtuloy na lang ako sa pagkain ng ensaymada ko. **"Ano ba yan?! Pahingi naman!"**

Binatuhan ko sya ng isa!

"Woooow ensaymada hehehehehehehehe.." masayang sabi nya pa at saka nagsimulang kanin yun.. **"Ano teh?! hindi ka ba manonood sa laro ng Sensui?!"**

"Susunod ako.."

"Suuuusss hahahahaha.. nilayasan ka lang bago matapos nagkaganyan ka na.."

Hindi ko na sya sinagot pa..

"O sya sige na.. mauna na ako don at nandon na rin ang harot na Zarnaih! Hahahahaha! Sumunod ka don ah!"

"Geh..." sabi ko at saka pinanood sya umalis.

Mabilis kong tinapos ang kinakain ko at saka ako lumapit sa table para uminom ng juice na nandoon..

Paglabas ko ng room..

"K-Kumusta na ang mga pasa mo??" si KEV. Hindi naman ako nakasagot agad sa kanya at tinignan ko muna sya.. Seryoso ang mukha nya at bakas ang sinseridad sa tanong nya. **"O-Okay ka na ba??"**

"Mmm.. okay na.." sagot ko at natahimik sya at saka napatungo. Nanatili naman akong nakatingin sa kanya.

"G-Gusto ko sanang mag... m-mag s-sorry sa nagawa ko.." nanginginig ang boses na usal nya. **"A-Ang totoo.. nagagalit ako sa mga Moon dahil sa ginawa nila sa Nanay ko.."** paliwanag nya at nakinig naman ako. **"H-Hindi naging maganda ang trato nila sa Nanay ko kaya naman ganon na lang ang galit na nararamdaman ko.. H-Hindi ko sinasadyang idamay ka.. a-akala ko kasi h-hindi ka talaga Moon.. y-yun naman pala ay anak ka lang sa labas pero M-Moon ka pa rin---"**

"Sa tingin mo ba ay matutuwa ang Nanay mo kapag nalaman nya yang pinaggagagawa mo??" tanong ko at gulat naman syang napatingin sakin.

"H-Hindi nya alam.."

"Kaya nga.. kapag nalaman nya, sa tingin mo ba matutuwa sya?!"

"H-Hindi.."

"E bakit mo ginawa?"

"D-Dahil nadala ako ng galit ko.."

"Anong mapapala mo sa galit mo?"

"H-Hindi ko n-naisip yan.."

"Kev.. kung mga Moon ang kakalabanin mo.. sinasabi ko sayo, mahihirapan ka.. Kaya kung ako sayo, tigilan mo na.. Dahil unang una.. hindi mo sila kaya.. At pangalawa, hindi ka nila papansinin.."

"Anong ibig mong sabihin??"

"Kahit na anong paninira at pagsira ang gawin mo sa kanila.. balewala sa kanila yon.. Kakaawaan ka pa nila.."

"Psh! Kalokohan yan! Kung ganyan talaga sila----bakit hindi nila tinulungan ang Nanay ko noon?! Lumapit siya sa kanila pero anong ginawa nila!? Pinagtabuyan lang nila ang Nanay ko!"

"Tinanong mo ba ang Nanay mo kung bakit nila ginagawa sa kanya yon??"

Hindi sya nakasagot!

"Gaano mo ba kaalam ang pangyayari sa pagitan ng Nanay mo at ng pamilya'ng Moon.. para maisipan mong ipaghiganti sa kanila ang Nanay mo??"

"B-Bukod don sa pinagtabuyan nila ang Nanay ko ay wala na akong ibang a-alam pa.."

"Nakita mo na?? Gumagawa ka ng hakbang na wala ka namang kasiguraduhan.."

"T-Teka nga?!" inis na pigil nya sakin. **"H-Hindi porket nagsorry ako sayo ay pangangaralan mo na ako! W-Wala ka pa ring karapatang pangunahan ang isip ko!"**

"Hindi yan ang ginagawa ko.. sinasabi ko 'to dahil ayaw kong mapahamak ka ng dahil dyan sa walang kwentang galit mo.."

"A-Anong sabi mo!?" nanginginig ang bagang na tanong nya.

"Ayaw kong mapahamak ka ng dahil dyan sa walang kwentang galit mo.." ulit ko.

"Anong karapatan mong sabihin yan?!"

"Hindi mo kilala ang grupo'ng pinasok mo Kev.. kung ginawa mo lang yon para makilala ako.. Sinasabi ko sayo, nagkakamali ka ng pinasok mo dahil maaaring marami silang alam tungkol sakin, pero hindi lahat ng alam nila ay tama at totoo.. At higit sa lahat, hindi nila alam ang lahat lahat tungkol sakin.." mahabang sabi ko at saka tinalikuran sya at naglakad papasok ng Gym.

Nagsimula ang laban eksaktong pagkapasok ko..

"Woooohhhh let the games begin!!!"

"Let's gooooo BIS!!!"

"Gooooo Deeeeiiibb!!"

"Gooooo Leeee!!!!"

"Gooooo Tooooobbb!!!"

"Kyaaaaaaaaaahhh!!!!"

Hindi ko na naabutan sa bench si Sensui at nakita ko na lang syang nag-Jumpball. Mabilis na naagaw ng team nila ang bola at unang takbo ni Sensui at naipasa na ni Tob ang bola sa kanya at hulog kaagad..

"Scoooorrreeeedd!!!!"

"Goooo Deeeiiibb!!!"

"Yaaaaaaaaaaaaaaa!!!!"

"Anggalinggg!!!"

"Umiinit agad ang laban!"

At maya maya lang..

"Grabe.. anggaling ni Deib.." si Michiko.

"Parang ang init nga ng ulo e.." sagot ni Remson, teammate nila.

"Bakit naman!?" si Migz.

"Hindi naman kasi ganyan maglaro yan e.. masyadong hot hahahahaha!" si Remson.

Tumingin naman ako kay Sensui at mabilis nyang binalya ang nakabantay sa kanya at umikot then he again scored!

"Nakita mo na?!" si Remson ulit na itinuro pa sya.

"Masyadong hot ang Lolo mo.." si Migz.

"Finals na ba teh?!" biro ni BJ.

Mahigit sampung minuto palang mula nung magsimula ang laban pero nasa kwarenta na ang score nila at karamihan ay si Sensui ang nakapuntos.. Wala pa syang sablay at naging maugong ang tiliian at sigawan ng mga kababaihan pati na rin ng mga kalalakihan dahil sa ginagawa nya..

Kaya nya naman palang umiskor ng ganyan bakit hindi nya gawin yan kapag LU ang kalaban?? Tss..

~BRIZK~ BRIZK!~

Nagvibrate ang cellphone ko agad ko namang kinuha yon.

~Maxrill Calling . . . ~

"Yoboseyo?" sagot ko.

Translation: Hello?

"Noona, eodisseo??" si Maxrill.

Translation: Ate, where are you?

"I'm watching basketball, why?"

"Please come outside for a minute.."

"Okay.." sabi ko at saka tumayo.

"San ka??" si Naih.

"Pinapalabas ako ni Maxrill.."

"Oh?? Nandyan sya?"

"Mmm.."

"Bakit hindi pumasok??"

"Ewan ko, pinapalabas ako e.."

"Sige.. Balik ka ah?"

"Mmm.."

Yun lang at naglakad na ako palabas..

Iniwan ko pa ng isang sulyap si Sensui pero hindi sya nakatingin sakin at patuloy sya sa pagpasa ng bola..

Nakita ko naman agad si Maxrill na balot na balot at mukhang may lakad.

"Ang init init bakit ganyan ang suot mo?" tanong ko sa kanya.

"I'm hungry, Noona.." nakangusong sabi nya.

"E-Eh?? S-Sige sige.." at inakay ko sya papuntang Canteen. **"What do you want to have??"**

"Lunch.."

"S-Sige.. pili ka na.." sabi ko at pinapili sya. Nung tumingin sya sakin ay nakasimangot sya at nakanguso..

"Bakit?" tanong ko.

"Wala akong gusto..."

"E-Eh??"

"I don't like those foods.."

"S-San mo gustong kumain kung ganon??"

"Can we go to the Mall??" tanong nya at nagulat naman ako ng bahagya munit hindi ko na lang pinahalata sa kanya at saka niyaya sya. Ilang minuto pa ay nasa mall na kami**. "I want pizza.."**

At nagpunta kami sa Pizza Hut. Um-order ako ng dalawang family sized pizzas, spag at drinks..

"Yeaaahh!!!!" masayang sabi nya at saka sinimulang kumuha.. Pinanood ko naman syang tuwang tuwang kumain. **"Aren't you going to eat??"** tanong nyang may laman pa ang bibig.

"Eat a lot.." nakangiting sagot ko at saka kumuha ng isa.

Mahigit isang oras rin kaming nagstay ni Maxrill sa mall kaya naman nung makabalik kami sa BIS ay tapos na ang laban..

"San ka galing??" tanong ni Naih.

"Sinamahan kong kumain si Maxrill sa Mall, nagugutom sya kanina at hindi nya gusto ang mga pagkain sa Canteen kaya naman don ko na dinala.. Sinong nanalo?"

"Sila Deib.. grabe tambak e.. 114-53.."

"Oh.. hindi naubos ni Maxrill kaya dinala ko na lang.." abot ko sa pizza.

"Woooowww!! Eksakto! Nagkecrave daw si Deib sa pizza!"

"T-Talaga??" tanong ko.

"Mmm!" nakangiting sagot nya kaya naman mabilis kong inagaw pabalik yung pizza sa kanya! **"O-Oh teka! San mo dadalin yan?!"** tanong nya ng magsimula akong maglakad palayo.

"Ke Sensui.. kanya na lahat.." pigil ang tawang sagot ko. **"Isama mo si Maxrill!"**

"Sige! Pero teka------pengeeee!!!!!" sigaw nya!

Hindi ko na sya pinansin at mabilis akong naglakad papasok sa room nila Sensui at sinalubong nya naman ako kaya naman itinago ko ang pizza sa likod ko. Salubong pa rin ang kilay nya habang nakatingin sakin..

"Anong ginagawa mo dito???" nagtatakang tanong nya.

"Naghatid lang ng *'pizza'*.." sagot ko at kita kong nagulat sya.

"B-Bakit ka m-may dalang p-pizza??" uutal-utal na tanong nya.

"Kasi nanalo ang pinakamagaling na basketball player na nakilala ko.." nakangiting sagot ko at natigilan naman sya at mabilis na iniiwas ang paningin nya..

"Ayoko na ng pizza.."

Tinignan ko lang sya at hindi ko na sya pinilit pa.. Mabilis syang naglakad papalayo sakin kaya naman napapahiyang napatingin ako sa mga team mates nyang nanonood samin.. Bumuntong-hininga ako at saka naglakad palabas at sinalubong naman ako nila Naih.

"Ano?! Galit pa rin?!" tanong at taka naman akong tumingin sa kanya. **"Psh! Halata namang galit si Sensui sayo! Nung hanapin ka nila Lee e nagdabog sya palabas sa Gym kanina.."** bulong nya pa at hindi ko na yon pinansin.

At mabilis na tumakbo ang oras.

Nanood kami ng iba't ibang sports pero hindi pa rin ako pinapansin ni Sensui. Kasama ko sya pero hindi kami nagpapansinan. Kinakausap sya ng mga kaibigan namin pero hindi rin sya masyadong nagsasalita. Kaya naman nung dumating ang oras ng uwian. Hindi namin alam kung sasama ba sya sa TB o ano. Dumaan muna kami sa Mall ni Naih at bumili kami ng regalo para kila Tim at Nessa.

Nakauwi kami ni Naih ng bahay ng kinukulit nya ako kung anong nangyari samin ni Deib pero hindi ko alam kung anong isasagot ko sa kanya dahil okupado ng mangyayari sa Party ang isip ko. Makalipas ang tatlong oras ay mabilis kaming kumilos at ilang minuto lang ay papunta na kami sa TB.

TB Parking Lot.

"Pano kaya yon? Dadating kaya si Sensui??" tanong sakin ni Naih habang pinapark ang motor nya.

"Kahit wag na syang dumating.. baka malasing lang yun dito e.." sabi ko habang inaayos ang akin.

"Bakit dala mo yang tako mo??" takang tanong nya.

Hindi ko sya sinagot at naglakad na ako papasok. Humabol naman sya.

"Psh! Ipagyayabang mo na naman yan dito!? Palibhasa ay astig!? Hambog ka talaga!" malakas na bulong nya pa.

Sinalubong naman agad kami ng ingay pagkapasok dahil sa malalakas na sounds at dami ng tao. Agad kaming nakita nila Barb at Jep.

"Oh my Goooooddd!! Nandito ang mga alaga ko!!!" si Barb. Yumakap sya samin at gayon rin naman kami sa kanila ni Jep. **"Kumusta ang laro??"**

"Okay naman.. iisa ang talo.." mayabang na sagot ni Naih.

"Oh talaga?!" tuwang tuwang tanong ni Barb na sakin nakatingin.

"Mmm.. at sya yung nagpatalo.." turo ko kay Naih at inismiran nya naman ako. **"Tae ka.. dalawa ang talo natin.."**

"Oo nga! At kasalanan mo yung isa!" sigaw nya naman sakin!

"Wala ba kayong oras mag-away sa inyo at dito nyo pa talaga dinala samin ang away nyo?! Psh! Namiss ko kayo!!!!" sigaw pa nya at saka muling yumakap samn.

"Kumusta naman?! Kailan ang maayos na balik nyo dito?!" sarkastikong tanong ni Jep.

"Mmm sa tuesday na ang championship. After that, sa friday regular na ulit kami.. wala ng pera e bwahahahahahahaha!" si Naih.

"E bakit parang may katas ka pa ng tubig Palawan sa labi?!" taas-kilay na tanong ni Jep.

"Oh.. pano nyo nalamang galing kaming Palawan?!" si Naih.

"Malamang.. idinaldal ng mga bakla!" sigaw ng Barb.

"Psh! Oh eto.. pasalubong namin ni Max sa inyo.." abot ni Naih nung mga t-shirts and souvenirs.

"Sabi na sayo Barb, hindi tayo malilimutan ng mga alaga mo.." si Jep.

"Ano pa nga ba hahahahahahaha yiiieee salamaaat naman mga anak ko hehehehehe.." si Barb.

"Ano nga palang ginagawa nyo dito?? Wala bang laro bukas?" si Jep kay Naih.

"Weekends naman bukas at walang laro.. May party rin kasi yung kaibigan namin dito ngayon.."

"Ahh talaga!? Kung ganon kaibigan nyo pala yung nagpapaparty doon??" turo nya doon sa stage.

At nakita namin si Tim..

At si RANDALL kasayaw si DEIN..

"Ahh oo hehehe.. punta na muna kami don ah?!? Chikka tayo mamaya hehe.. paparating rin yung iba pang mga kaibigan namin, pakisalubong na lang.." sabi ni Naih kay Jep at saka iniwan ako at naglakad papalapit kila Tim.

"Oh ikaw?? Baka gusto mong magsalita??? Nakakapanis ng laway ang pananahimik.." nakangiwing tanong sakin ni Jep. **"Ayun ang ex mo oh.."** turo nya pa kay Randall.

"Okay na ba kayo, Max??" tanong ni Barb.

"Ni Randall?? Oo naman.." pormal na sagot ko.

"Ahh.. ikaw na lang talaga ang hindi.." sarkastikong biro nya.

"Hahahahahahahahaha! Sige sirain mo ang gabi ng Maxpein.. Bakit ba hindi mo na lang ienjoy nya ang bitterness?? Hahahaha!" si Jep.

Hindi ko na sila sinagot at naglakad na rin ako papalapit sa kanila at agad naman akong sinalubong ni Tim at Nessa. Sa gilid ng mga mata ko ay kitang kita kong naagaw ko ang atensyon ng lahat lalong lalo na ang kila Dein at Randall.

NAIH'S POV

"Zarnaih!!" salubong sakin ni Tim habang kaakbay si Nessa at nakangiting sinalubong ko naman sila!

"Tim! Nessa! Uyy congrats sa inyo at nagkatuluyan palang talaga kayo!" masayang bati ko sa kanila. **"Tignan mo nga naman ang pagkakataon hahahahaha ang dalawang hindi mapagdikit noon, ikakasal na ngayon!? Tsk! Congrats! Congrats!!!"** bati ko pa sa kanila at saka kami nagyakap at nagbeso.

"Thanks, Naih.. Kumusta??" si Tim. Nginitian ko naman sya dahil natutuwa akong marinig na nagtatagalog pa rin sya kahit medyo slang na hehehehe..

"Eto pagod.. galing kaming sportsfest hehehehe.. so far panalo naman at pasok kami sa Championship next week.."

"Oh?? That's nice! Where is that?!"

"Inter high school.. Sa Luna University dyan sa Bukana gaganapin ang Championship.."

"What sports??"

"Billiards.. hehehehehe.."

"Nice nice!!! Naglalaro pa rin pala kayo?!"

"Of course hehehehe.. Talent e nyahahahahahahahahahaha!!!"

"Si Maxpein? Nasan?"

"Ahh ayun sya, papunta na rin yun dito.. may kinausap lang.. Sya nga pala eto ang gift namin oh.."

"Oh! Salamat! Ang aga naman?! Thank youuu thank you.." si Nessa.

"Ahh kasi alam naman naming hindi kami makakaattend sa kasal nyo dahil sa Spain daw gaganapin haha kaya ngayon na.."

"Oo nga e.. salamat ahh???"

"Walang anuman.."

Eksaktong nag-uusap kami nung biglang lumapit si Maxpein. Agad naman syang sinalubong nila Tim at Nessa, nagyakap at saka nagbeso..

At don ko lang muli napansin sila Randall at Dein.. Kusa rin silang nahinto sa pagsasayaw at napatingin kay Max.

Selosan 'to hahahahahaha masarap panoorin.. Sana dumating rin si Sensui hehehehe..

Kitang kita kung paanong pinagmasdan ni Randall si Max nung paparating.. Mula ulo hanggang paa kasi ay mukha pa rin syang LALAKI!

Hindi man lang kasi nagdress psh!

Nakapantalon at malaking shirt lang sya habang ako naman ay nakadress bwahahahahaha!!!

"Maxpein!!!" bati ni Tim sa kanya.

"It's been a long time.." tipid ang ngiting sagot ni Max sa kanya at saka tumingin kay Nessa. **"You look good together.. but you're too much to be his wife.."** biro pa ni Max.

Umi-english..

"Hahahahaha loko!" si Tim. **"Tara sa table.. kwentuhan tayo!"**

At pumunta nga kami sa table na mahaba kung saan kami lang ang tao.

"Ikaw? Kumusta??" tanong ni Tim kay Max. Sinimulan ko naman kumain ng buffalo wings at kumuha ako ng beer.

"Okay naman.." sagot ni Pein. Nakangisi namang nilingon ni Tim si Randall.

"Nakilala namin yung bagong girlfriend ni Randall ah??"

Nagkatinginan kami ni Max at saka kami sabay na nilingon si Randall na parang walang gana sa pagsayaw at panay rin naman ang lingon samin.

"Parehong doktor.. nakakabilib.." si Nessa.

"Okay naman kayo?" tanong pa ni Tim kay Maxpein na ngumiti pa sakin.

"Oo naman.." pormal na sagot ni Max.

"Friends??"

"Mmm.. hindi masyado..." natatawa kunwaring sagot ni Max.

"Bakit naman??" natatawa ring tanong ni Nessa. **"Samantalang noon, ang sweet sweet nyo.. Kahit ano yatang gawin nyo kinaiinggitan kayo ng tao dahil parang mahal na mahal nyo ang isa't isa.."**

Ang totoo ay si Tim ang barkada namin at parati syang inaaway ni Nessa noon kaya naman hindi namin masyadong saulo ang ugali nya. Gayunpaman ay ilang beses na rin namin syang nakasama. Natahimik si Max at pilit nalang na ngumiti sa kanila.

"Hindi kasi maganda yung paghihiwalay namin.." sagot nya at saka uminom ng alak. Medyo nagulat naman ako dahil nagkwento sya kahit na ganon kaikli, hindi nya ugali ang magkwento di ba?

"Ganon ba? Sayang naman.. Oh well.. that's life.. Mukhang okay naman na kayo pareho e hehehehe.. he looks happy with her.. kung happy nga hahahahahah.." si Tim.

"Mabait naman si Dein, simple but elegant.. Sya yung tipo na kahit anong isuot, bumabagay.. Konting salita, alam mong elegante.. I like that.." si Nessa.

Oo.. malayong malayo sa hambog lang na si Maxpein..

"E ikaw? Wala ka bang boyfriend??" tanong ni Tim kay Max. Ngumiti naman si Max sa kanya.

Hindi natapos ni Max ang sasabihin nya nung biglang napatingin kami sa biglaang pag-upo nila Randall at Dein sa table namin. Eksaktong nagkatabi si Max at Randall. Bale pinaggigitnaan ni Dein at Max si Randall.

"Whew.." mahinang sipol ko pa.

"Oh.. ayaw nyo ng sumayaw??" tanong pa ni Tim sa kanila.

"Ahh yeah.. mamaya na lang ulit.. we came here to drink.." biro ni Randall na tumingin pa kay Nessa. **"Balita ko masarap kang magmix ng drinks?? Pwedeng matikman??"** nakangiting tanong nya pa.

"Sure..." nakangiting sagot rin ni Nessa at saka sumenyas kay Manyur na nasa bar. Agad naman itong lumapit na binati pa kami at saka pinakinggan ang order ni Nessa. Maya maya pa ay hinatid nya na ang inorder nito. **"Thank you.."** sagot nya kay Manyur at saka bumaling kay Randall. **"Skittle Vodka, Blueberry and Freeze.."** nakangiting sabi nya samin at saka minixed ang mga ito sa harap namin. Maya maya ay isa-isa nya na kaming inabutan.

"Woooowww! Sarap!" puri ni Randall. **"You're good.."**

"Thanks hahahahaha one think na minahal ni Tim sakin hahahahaha!" biro pa ni Nessa. **"What can you say, Max??"** baling nya kay Max.

"Mmm.. it tastes good.." pilit ang ngiting sagot ni Max.

"I'm glad nagustohan nyo.." si Nessa at nginitian naman namin sya.

"Simple pa lang yan.. marami syang alam na halo.." si Tim. **"But I'm really happy to see you all here tonight.. lalo na kayong dalawa.."** turo samin ni Tim at nginitian naman namin sya ni Max. **"I really didn't expect to see you here.."**

ENK!*ENK!*ENK!*ENK!*ENK!*ENK!

Parang may buzzer na nagpupupumindot sa loob ng tenga ko sa sinabing yun ni Tim!

He didn't expect us here?! WTF??

Taka at gulat akong napatingin kay Max at nagtatakang napasulyap rin sya sakin at saka kami sabay na tumingin kay Tim na bahagyang napapahiya.

"Nung magkita kami ni Randall sa isang shoppin' Mall.. nabanggit ko sa kanyang may party kami ngayon.. nakalimutan kong sabihin sa kanyang iinvite kayo---"

"T-Tim.." pigil ni Randall sa kanya at napatingin naman ako kay Randall. Napatungo si Max at halata ang pagkapahiya sa mukha nya.

Anong ibig nyang sabihin?! Hindi nya talaga kami pinapapunta dito!? Ano ba yan! Nakakahiya!

"W-Why??" natatawa at nangangapa'ng tanong ni Tim. Nung mukhang makaramdam sya ay kusa syang tumawa sa sarili nya at saka bumawi. **"But it was really nice to see you here.. I'm very h-happy.. I'm glad that you came.."** parang napapahiya pang dagdag nya. **"A-Ano na nga ba yung ina-ask ko kanina??? Ahh yeah.. boyfriend.. Wala kang boyfriend?"** tanong pa ni Tim kay Max.

"Wala.." rektang sagot ni Max..

"Mmm.. I see.. sayang naman, angganda ganda mo tapos wala kang boyfriend??"

"Hahahahahahahahah.. masyado kasi syang nag-eenjoy sa lovelife nya ngayon hehehehe.." sabat ko.

"Lovelife? She's single pero meron syang lovelife? I'm confused hahahahaha.."

"Oo naman.. hehehehe.. May nagugustohan parin naman sya kahit na single sya hahaha a-actually, M.U. na sila hahaha----amp.." natigilan ako nung sipain ni Max sa ilalim ng mesa ang paa ko. **"B-Baka pumunta rin sya dito ngayon hehehehehe.."**

Ang daldal ko na naman!

"Oh?? Dadating si Deib??" biglang tanong ni Randall at napatingin naman ako sa kanya at kay Dein na salubong ang kilay.

"S-Si Deib lang ba ang manliligaw ni Max?? Hehehehehe.." pagpapalusot ko.

"A-Ahh.. h-hindi ko kasi alam na meron pang iba.." mahinang sagot ni Randall.

"Marami actually.. marami pang iba hahahahahaha-----Ayun.."

Tinignan na ako ni Max ng masama kaya naman nanahimik na ako at napainom..

Ano ba Naih!!! Armalite ka na naman!

Mabilis na lumipas ang oras at dumating sila Lee, Tob, Michiko, Migz at BJ pero walang Deib.. Binati nila sina Dein at Randall at saka tumingin samin..

"Ahh kaibigan nga pala namin, sila Migz, Tob, Michiko, BJ at Lee.." sunod sunod na pagpapakilala ko sa kanila. **"Ahh guys, si Nessa at Tim.. barkada namin ni Max.. ikakasal na sila kaya sila nagpaparty.."**

"Hello.." sabay sabay na bati nila. **"Congratulations.."**

"Thank youuu.." sabay naman sagot nina Tim at Nessa sa kanila.

"Have a sit.." nakangiting alok ni Tim at isa-isa naman silang nagsiupo.

"I hope you won't mind us joining you.." si Lee.

Inglisan na!!!!! King ina!

"No of course not.. the more the merrier hahahahaha.. besides, some of our friends are about to go home too.." sagot ni Tim sa kanya.

"I see.. thanks.."

"Have a drink.." alok muli ni Tim sa kanila.

"Sino sa kanila ang manliligaw mo, Max?" biglang tanong ni Nessa!

Bakit ba ang daldal nya?? Huhuhuhuhu..

"A-Ahh hehehehe wala sya e.. hindi sya makakapunta.." sagot ni Tob.

Napatingin ako sa kanya at nilingon nya naman ako.

"H-Hindi sumasagot e.." bulong pa sakin ni Tob. **"Ilang beses na naming tinawagan.."**

"H-Hayaan mo na.." bulong ko rin sa kanya.

Gulat akong napatingin kay Lee nung mapansin kong hindi ko namalayang napadantay pala ako ng kamay sa kanya para makipagbulungan kay Tob!!! Masama ang tingin nya sa kamay kong nakapatong sa hita nya!

"S-Sorry.." napapalunok na sabi ko pa. **"H-Hehehe.."** tawa ko pa kunwari at saka nagmakeface nung alisin nya ang paningin nya.

Maya maya pa ay mga nakainom na ang lahat at walang humpay ang tawa sa dami ng pagbibiro ni Migz sa kanila.. Ako man ay may tama na pero si Max ay nananatiling tahimik at paminsan minsan ay tumatawa rin.

"Hindi nyo maaasahan sa pagkanta yan jusko! Yan pa?!" biro ko na nakaturo kay Max at siniringan nya naman ako. **"Psh.. boses lalake yan e!"**

"Tss.."

"Randall.. kumakanta ka pa??" tanong ni Tim sa kanya.

"Mmm.. minsan hehehehehe.. Bakit??"

"Kanta ka naman.. tayo tayo lang nandito oh.. hehehehe!" tanong ni Randall.

Napatingin kaming lahat kay Randall maliban kay Max.

"S-Sige.."

"Eto kantahin mo.. yan ang favorite ko ngayon e hahahahahaha.." sabi nya na may itinuro pa.

CLAP!*CLAP!*CLAP!*CLAP!

Nagpalakpakan kami nung tumayo si Randall at nagpunta sa stage. Agad namang pinatay nila Barba ng sounds kanina at saka sila nilapitan ni Randall na may inabot pa.. Maya maya pa ay tumugtog na ang sounds..

"Woooohhh!!!"

"Goooo Kuyyaaaaa Randall!!!!" sigaw pa ni Michiko,

"Yiiiieeeeee!!!!!"

Nakangiti namang humarap si Dein sa kanya at pumapalakpak pa habang pinapanood sya..

"He's so handsome noh??" tanong pa ni Nessa kay Dein.

"Ahh yeah hehehehe.."

"You're so lucky to have him.."

"Super.." sagot ni Dein sa kanya at saka muling tumingin kay Randall.

Song Title: Always been You by IMAJIN

♪ ♫**"I like her but I love you, she want me and you do too.. But if you ask me who, it's always been you.. I like her smile but I like your style..**

Girl you're the only one my heart desires.. I gotta tell the truth, it's always been you.."♪ ♫

Hindi ko maintindihan pero iba ang dating nung pagkakakanta nya sakin!

Hindi tumitingin si Randall samin at minsan ay napapapikit pa sya pero ang lakas lakas ng dating nung kanta!

Pakiramdam ko ay may pinatatamaan sya!!!!

HINDI AKO!!!!

Kung hindi si Maxpein..

d>>_<<b

♪ ♫"Somebody saw me yesterday out at the movies with some other girl.. They told you somethings going on and now you got it in your mind that.. I've been playin' but baby I'm sayin', *'I never meant to do you wrong'*.. Now you wanna know if I'm down with you alone.. Baby, I'm admitting, I was only trippin' you are my only love.. I always thought about how I could get her but when I was with her.. I only thought about you, baby, so don't ever feel that I'll leave you.. Hanging, girl, your love is banging and I ain't about to let you go, oh,no.."♪ ♫

Mas gulat pa ako nung pagmulat ng mga mata ni Randall ay sigurado akong kay Max sya nakatingin!!!!

WTF??

♪ ♫"It ain't so hard to choose, it's you, I don't wanna lose.. If those crazy thoughts get in your head, they'll turn you away from me.. I like her but I love you, she want me and you do too.. But if you ask me who, it's always been you.. I like her smile but I like your style.. Girl, you're the only one my heart desires.. I gotta tell the truth, it's always been you.. Whenever we're together, I can't get any better, so when they bring you.. The stories, baby, don't believe a thing, 'cause you'll always be my lady.. And she'll only be my friend, oh, I love you and I don't know.. What to do without you.."♪ ♫

Napasulyap ako sa mga kasamahan namin at lahat ay naging awkward!!!

Pakiramdam ko ay hindi lang ako ang nakakapansing kay Maxpein nakatingin si Randall!!!!!!

♪ ♫"I like her but I love you, she want me and you do too.. But if you ask me who, it's always been you.. I like her smile but I like your style.. Girl you're the only one my heart desires.. I gotta tell the truth, it's always been you.. You're the only one, the only girl, I want.. No one else can come between us you know.. Anything for you.." ♪ ♫

At saka nya lang inalis ang paningin kay Max at tumango.

"T-Thank you.." sabi nya at saka tumangong muli sa mga tao'ng nanonood..

Demmit!

Gulat ang lahat nung mapatayo si Max at saka tumango sa lahat..

"I have to go.." pilit ang ngiting sabi nya at gulat naman akong napatayo.

"M-Max.."

"Kailangan ko ng umuwi, Naih.. h-hindi ako pwedeng uminom ng marami.." pilit pa rin ang ngiting sabi nya pa at parang nagets ko naman ang mga tingin nya.

"A-Ahh oo nga pala.. Sa tingin ko kay kailangan ko na ring umuwi.." paalam ko at nagsipagtayuan naman ang mga kasama namin..

Naging awkward masyado ang sumunod na eksena nung hindi man lang namin nagawang makapagpaalam ng maayos dahil parang mga tanga na kaming nagsipagsunuran kay Max palabas ng TB.

"Oh.. uuwi na rin kayo??" taka pa kunwaring tanong ni Max kila Migz, BJ, Michiko, Tob at Lee.

"Mmm.. nakainom na tayo parepareho e.. ihahatid pa namin ang mga 'to.. Kaya nyo bang magdrive?" si Lee.

"Mmm.. kaya naman.." sagot ni Max na nagsindi ng sigarilyo at saka babaling na sana paharap sa motor nya nung bigla syang matigilan!

Gulat kaming lahat ng napatingin sa bandang yun at nakita namin si DEIB!!!!

"O-Oh.. anong ginagawa mo dito?" taka kunwaring tanong ni Max sa kanya pero nanatili syang nakasandal sa kotse nya at blangko ang tingin kay Max!

"M-Max.."

Napalingon naman kaming lahat sa likod nung biglang sumulpot si Randall!!!!

Oh my God.. bakit ganito kaganda si Maxpein!!

Takang nilingon si Maxpein sa kanya at saka sila nagharap. Taka pa kaming tinignan isa-isa ni Randall bago muling tumingin sa kanya.

"U-Uuwi ka na?" tanong ni Randall sa kanya.

"Mmm.. marami pa akong kailangang gawin kasi.."

"I see.. k-kaya mo bang magdrive??"

"Mmm.. wala naman akong tama.."

"I see.. b-baka hindi mo kaya---"

"Kaya ko.." pigil nya kay Randall.

~BLAAAAAAAAAAGG!!!!~

Gulat naman kaming napatingin sa malakas na tunog na yon at nakita naming nakasakay na si Deib sa kotse nya at umaabante na paalis!

Juskoh..

"I t-think we should go.. Mauna na kami.. Ingat kayo.." tonong nag-aalalang sabi ni Tob at saka sumenyas na susundan si Randall kaya naman tinanguan ko na lang sya at saka sinundan sila ng tingin.

"Ingat.." sigaw ko pa sa kanila.

Napabuntong-hininga naman si Maxpein at saka tumingin kay Randall at naglakad paalis.. Sinubukan pa syang habulin ni Randall pero piniglan ko sya..

"Pagpasensyahan mo nalang muna.. p-pagod na kasi sya at hindi sya pwedeng uminom ng marami k-kasi may u-ulcer sya.. ikaw na bahalang magpaliwanag kila Tim ah?! Pakisabi salamat ng marami.. ingats salamat!!" pasigaw na sabi ko pa habang lumalayo dahan dahan sa kanya at saka patakbong pumunta sa motor ko.

~BROOMM!~

Sumunod lang ako kay Max kahit na sobrang bilis ng pagpapatakbo nya! Ilang minuto lang ang nakarating na kami sa bahay at mabilis syang umakyat ng walang salisalita!

Ano bang nangyayari amp! Bakit nagkaganon bigla?!

Late na masyado kaya naman wala akong choice kung hindi ang matulog na rin..

♥ K ♥ I ♥ N ♥ A ♥ B ♥ U ♥ K ♥ A ♥ S ♥ A ♥ N ♥

DEIB'S POV

Pagkagising ko ay hindi agad ako bumangon at tumingin lang sa orasan.. Alas sais lang at wala pa rin ako sa mood na bumangon.. Kinuha ko ang cellphone ko at panay lang text nila Lee at Tob ang nandoon kaya naman hindi ko na yon binasa pa..

At saka ko naalala yung mga linya sa kanta ni Randall habang nakatingin kay Taguro!!!!

♪ ♫" I like her but I love you, she want me and you do too.. But if you ask me who, it's always been you.." ♫ ♪

It's always been you?! Pakyuu!!!! Siraulo ka!

Inis akong napabalikwas sa kaliwa ko at ibinato ang unan!

Inalala ko yung mukha ni Taguro habang pailalim na nakatingin sa kanya! Blangko ang emosyon ng mukha nya pero parang andaming sinasabi ng mga mata nya!

Peste!

Halos magsikip ang dibdib ko habang pinapanood silang magtitigan..

'Bakit kailangang makita ko pa silang ganon??'

~KNOCK! KNOCK!~

Agad akong napaayos sa pagkakahiga nung marinig ko ang katok.. Pumasok si Mommy..

"M-Mom.."

"Good morning baby!" nakangiting bati nya at nginitian ko naman sya. **"Bangon na.. May bisita ka.."**

Hindi ko pa man naririnig kung sino pero pakiramdam ko si **TAGURO** yon!!!!

"S-Sino Mommy???" tanong ko at ngumiti sya napakalaki!!!!!

ALAM NA!!!!

"Kumilos ka na dyan at kumakain na sya sa baba.. Mmm.. magbabasketball nga daw pala kayo.. Yiiieeee hihihihih.."

Basketball?! Anong trip non?!

Hindi ko na nagawang tanongin si Mommy dahil nung eksaktong pagtingin ko sa kanya ay nakalabas na sya! Kaya naman hindi ko maintindihan ang sarili kong mabilis na nagtatakbo papunta sa bathroom at naligo! Mabilis rin akong natapos at nakapagbihis kaya naman nung pababa na ako ay saka lang ako nagbagal at nagpanggap na tamad na tamad..

SI TAGURO NGA!!!!!

Kasama pa sila Lee, Tob at Parrot!

"Yun oh! Tara na!" yaya ni Tob at saka sila isa-isang tumayo. **"Aalis na po kami, Tita.. babalik po kami mamaya.. maglalaro lang po kami hehehehe.."** dinig kong paalam ni Tob at saka lumapit sakin at inakay ako palabas ng hindi ko man lang nagagawang magpaalam sa Mommy ko!

"A-Ano ba!" sigaw ko sa kanya!

"King ina ang bango mo dre ah?! Hahahahahahaha.. magbabasketball tayo ulul! Makaporma ka naman dyan!" sabi nya at saka minadali akong maglakad papunta sa court! **"Magbabasketball tayo hehehe.."**

"B-Bakit biglaan naman yata?!" inis na tanong ko.

"Ulul! Kaya pala nagjersey ka rin!?" pang-aasar nya at tinignan ko naman sya ng masama! **"Nagyaya si Taguro e.."**

"S-Si Taguro??"

"Mmm.." nakangiting sagot nya na may kindat pa!

"Tch! Bading!" inis na sigaw ko sa kanya at pagtalikod ko sa kanya.

"HUP!" naiusal ko nung saluhin ko yung biglaang pagbato ng bola sakin ni Taguro! Mayabang syang naglakad papalapit sakin at kunwari naman akong napatinging sa bolang ibinato nya! Seryoso sya masyado nung mapatingin ako sa kanya kaya naman nagsalubong rin ang kilay ko! **"A-Ano naman 'to!?"** inis na tanong ko. At dahan dahan syang lumapit sakin. Lumayo naman sina Tob, Lee at Parrot samin.

"Kapag natalo ka sakin.. lalayuan mo na ako.."

Unti-unting nawala ang kunot sa noo ko at seryoso akong napatingin sa kanya.. seryoso masyado ang mukha nya at hindi ko na marinig ang maliliit na ingay sa pagitan namin nung bumilis at lumakas ang tibok ng puso ko!

Ano bang sinasabi nya!

"T-Taguro.." nangingilid ang mga luhang usal ko sa pangalan nya. Pero masyadong seryoso ang mukha nya at deretso ang tingin sakin ng mga mata nya! Kinabahan ako ng todo pero pilit kong hindi ito pinahalata sa kanya at nung makarekober ako ay sinamaan ko rin ang tingin ko sa kanya. **"Sige.."** sang-ayon ko. **"Kung yun ang gusto mo sige.. lalayuan kita kapag natalo ako.."** tatango-tangong dagdag ko pa munit nanatili syang seryoso. Tatalikod na sana sya nung bigla akong magsalita pa. **"Pero.. kapag nanalo ako.. Akin ka na.. Girlfriend na kita.. at kahit na anong gawin ko, hindi ka pwedeng lumayo sakin.."**

Sya naman ang gulat na tumingin sakin pero mabilis syang nakarekober at tumalikod sakin.. Mabilis na lumapit sila Naih, Lee at Tob.

"Sinong kakampi ko?" nakangiting tanong ni Lee na nakataas pa ang kamay.

"Anong sinong kakampi mo??" sigaw sa kanya ni Parrot at saka tumingin sakin! **"Lahat tayo ay magkakakampi laban kay Maxpein.."**

"Ano?!" gulat na tanong ko.

"Mmm.. lahat tayo laban sa kana.. race to 10 lang naman 'to.. ang unang makascore more than 10, sya ang panalo.." seryosong sagot ni Parrot at saka ngumisi. **"Ha! Baka hindi mo alam kung gano kagaling magbasketball yan?!?"**

"Ganon sya kayabang..." tatangu-tangong dagdag pa ni Parrot na inginuso si Taguro at nung pagsulyap ko sa kanya..

Three points!!!!

Yung layo nyang yun sa ring.. hindi ko akalaing makakathree points pa sya!!!

KINABAHAN AKO BIGLA!

SEE YOU NEXT WEEK!!!! d^_^b

Special Credits To: http://www.virginiarules.com/virginia-rules/bullying; http://www.mcdermottcue.com/mcdermott_intimidator.php

He's into Her. All Rights Reserved 2013. maxinejiji.

SUPER THANK YOUUUU!!!! ♥ Godbless us all! ♥

d^_^b

PLEASE DON'T FORGET TO VOTE, COMMENT AND FOLLOW! Thanks a loooot! d^^,v

FOR IMPORTANT UPDATES PLEASE VISIT THE FOLLOWING:

Facebook : https://www.facebook.com/maxinejiji

Twitter : @maxinejiji

Website : http://maxinejiji.weebly.com/

Instagram : @maxinejiji

Tumblr: www.maxinejiji.tumblr.com/

Thanks a looot JIJIERAS!!! d^o^b ♥

- m a x i n e j i j i ♥

OceanofPDF.com

CHAPTER 121 : SENSUI vs TAGURO

DEIB'S POV

"S-Sigurado ka??? Sya lang mag-isa laban sa ating lahat?!" hindi pa rin makapaniwalang tanong ko kay Parrot!

"Oo!" siguradong sagot naman ni Parrot! **"Ganon sya kayabang!"**

"Tch! M-Madadaan ba naman sa yabang ang basketball??" inis na tanong ko!

"Psh! Walang imposible sa yabang ng isang del Valle! Ano ka ba! Trust me? Or stop me?!"

"W-What??" tanong ko.

"Hoy.. ano bang sinasabi mo dyan?!" parang lalaking tanong ni Taguro kay Parrot!

"B-Bakit?!" takang tanong naman ni Parrot pabalik sa kanya.

"Ako, laban sa inyong lahat?! E kung ipalunok ko sayo 'tong bola? Tss.."

Salubong ang kilay ni Taguro at parang diring diri sya sa ginagawa nya! Ayun na naman yung maangas na dating nya! Sa madaling salita.. parang lalaki talaga!

"E-Ehh di ba y-yun ang sabi mo kanina??" napapahiyang bulong ni Parrot sa kanya.

"Tss.." singhal ni Taguro. **"Pano pa ko iiskor kung lahat kayo kalaban ko? Engot.. dito ka sakin!"**

"S-Sige.." nakangusong sagot ni Parrot at saka naman tumingin sakin si Taguro.

"Si Tob ang iksorer.."

"Ano!?" gulat na tanong ko.

"Si Tob ang iksorer.."

Nakakainis yung ugali nyang ganyan! Uulitin yung sinabi nya!

"Kung magsasama kayong tatlo, papagurin ko lang sarili ko sa inyo, dahil hindi kami mananalo.." seryoso pang sabi nya. **"Woi.. Jumpball.."** sigaw nya kay Tob at saka ibinato ang bola na nasalo naman agad nito!

"Sino??" tanong ni Tob.

"Si Lee at si Naih.." sagot ni Taguro.

Gulat na napatingin si Lee at Parrot kay Taguro pero nanatiling blangko ang mukha nya!

Ano bang ginagawa nya?!

Nakita nya ng mas matangkad si Lee kay Parrot! Engot!

"Kaming dalawa lang ni Sensui ang pwedeng umiskor.. tagapasa at taga-agaw lang kayong dalawa.." sabi nya pa na itinuro si Parrot at Lee!

"A-Ano?!" di makapaniwalang tanong ko.

"Tayong dalawa lang ang pwedeing umis---"

"Narinig ko!" inis na sigaw ko sa kanya!

"Tss.."

"Ang ibig kong sabihin----bakit ganon! Bakit!"

"Edi sana rin.. *'bakit'* ang tinanong mo! Hindi yung pasigaw sigaw ka pa ng *'ano'*! Pektusan kita dyan e.."

Andwae!

Hindi ko sya maintindihan ngayon!

Ako yung hindi pumapansin sa kanya simula pa kahapon pero ngayon parang mas mainit pa sakin ang ulo nya!

Anong nangyari dito sa bwisit na hambog na 'to?!

Tinalikuran nya ako at maangas na humarap kay Lee at Parrot!

"Kaya mo yan.." sabi pa ni Taguro kay Parrot at eksaktong pumito naman si Tob!

~PRRRRRRIIIIIIIIITTT!!!!!~

At inihagis nya ang bola sa ere at...

~BLAAAAB!~

Nasambot ko ang bola nung paluin ni Lee yun sa gawi ko!

Nice one Lee..

Mabilis akong tumakbo papunta sa harap ng ring pero..

WALA MAN LANG HUMABOL SAKIN!!!!

Taka akong nilingon sila!

"Oh.. Traveling ka na.."

"W-What!?" inis na tanong ko sa sinabing yun ni Taguro! **"A-Anong traveling ang sinasabi mo dyan!?"**

"Yan! Hindi ba't traveling ang tawag dyan?! Bitbit mo ang bola e nakakailang hakbang ka na!"

Grrrrrrr!!!

"M-Marunong ka ba talagang magbasketball ha?!" inis na tanong ko! **"You're supposed to snatch, grab, or block the ball! E anong itinatayo tayo mo dyan!?"**

"Tss.. tumira ka na lang.."

WTF??

~PRIITTT!!~

Pito ni Tob at saka sumenyas ng Traveling!

Inis akong ibinato ang bola pabalik sa kanya!

"Ang dadaya nyo naman e!" sigaw ko.

"Anong madaya?! Engot ka ba?! Finoul mo ang sarili mo mag-isa! Nagtatakbo ka na papalapit sa basket e bakit lumingon ka pa! Hindi ka na lang tumira! Bugarets!"

"E dahil nagtataka ako kung bakit hindi nyo ko hinahabol---kaya napahinto ako!"

"Woi.. ni minsan ay wala akong nabasang patakaran sa basketball na *'kailangan'* kitang habulin.. Bakit ba hindi ka na lang kasi tumira ng nakaiskor ka na?! Bopols!"

"A-Ano bang nangyayari sayo ha?!" inis na tanong ko!

"Tss.. maglaro ka na lang kasi.." sabi nya at saka humarap kay Tob na ibinato sa kanya ang bola!

Agad naman akong hinarap sya at binakuran!

Pareho kaming nakatingin sa isa't isa at nananatiling seryoso ang mukha nya!

Ano bang nangyayari sa babae'ng 'to!? Tsk!

Wooooaaahhh!!!

Mabilis syang umikot sakin at tumakbo papalapit sa ring at nag-Layup!

HULOG!!

"1-0!" sigaw ni Tob!

"A-Anong 1-0!?" inis na tanong ko.

"Isa isa lang ang score-an dito, Deib.." nakangising sagot nya at inis na naman akong tumingin kay Taguro pero iniangat nya ang paningin nya habang naghahabol ng hininga!

Peste!

Nasa amin naman ngayon ang bola kaya naman mabilis kong ipinasa yun kay Lee at nung makapwesto sa Three-point field goal ay mabilis na ipinasa pabalik sakin ni Lee ang bola at...

HULOG!

Yeaaah!

"All one!" si Tob.

WTF???

Inis akong tumingin kay Tob!

"Isa isa nga lang ang score-an dito, dre.." sagot nya sa tingin ko!

.Ang daya

"Pasa!" sigaw ni Parrot kay Taguro na ginawa naman ito at nung makapwesto si Taguro sa ilalim ng ring ay muli nya itong ipinasa pabalik kay Taguro na agad naman itong itinira!

HULOG!

"Two.. One!" si Tob!

Muli kong ipinasa kay Lee ang bola at malapit sa free-throw line ay mabilis akong tumalon at sinalo ang pasa nya at pinahulog ang bola!

"All two!!" sigaw ni Tob!

Ilang minuto ang nakalipas at nagpapalitan lang kaming dalawa ng iskor ni Taguro!

Parang display lang yung dalawa para may magpasa.. Tch! Sana ako na lang mag-isa ang kinalaban nya!

"Huk!"

Naagaw ni Taguro ang bola mula kay Lee at mabilis na lumapit sa basket at tumira!

HULOG!!

"Woooaaahhh turnover!!!! Hehehehe! All eight!" sigaw na naman ni Tob!

Inis akong sumulyap kay Lee pero nagkibit-balikat lang sya!

"B-Break!!" sigaw ko!

"A-Anong break!? Wala ka pang kinse minutos na tumatakbo magbebreak kana---"

"Kakausapin ko si Lee! Hindi lang water break ang break sa basketball, okay!? Tch!" pambabara ko sa kanya! **"Alis dyan!"** sigaw ko pa sa kanya at saka tinapik si Lee at pumunta kami sa isang tabi.

"Ang sungit mo naman kay Max??" takang tanong pa sakin ni Lee.

"Tch! Hindi ko maintindihan yang babae'ng yan.."

"Bakit ba? Anong nangyari sa inyo??"

"W-Wala ba syang sinabi sa inyo??" tanong ko.

"Wala.. H-Hindi ako kumportableng kausapin sya kanina.. masyado syang tahimik at parang hindi maganda ang mood.."

"Tch! Kailan ba naman umayos ang mood nyan! Laging mainit ang ulo!" inis na singhal ko.

"Ano nga ba'ng nangyari sa inyo? Kahapon ka pa parang wala sa mood.."

"Tsk.. mamaya ko na lang ikukwento.. Sa ngayon, kailangan nating manalo sa kanya dahil may deal kami.."

"Deal?!" gulat na bulong nya at ngumuso naman ako.

"G-Gusto nyang layuan ko sya kapag nanalo sya.."

"W-What?!"

Parang kumirot ang puso ko..

Huminga ako ng malalim at saka muling nagsalita.

"S-Sabi nya.. kapag nanalo sya, lalayuan ko na sya.."

"E kapag nanalo ka??"

Jahe..

"A-Akin na sya---"

"What!?"

"Tch! Wag kang maingay!" suway ko pa sa kanya!

~PRIITT!!!~

Sabay kaming napalingon kay Tob at sumenyas naman ako ng teka lang!

"B-Basta.. kailangan nating manalo, Lee.. Okay??" seryosong pakiusap ko at nagtatakang napatango na lang sya.

"Bahala nga kayo sa buhay nyo.." bulong nya pa't saka nagpaumunang bumalik sa court.

"May overtime rin ba 'to, Max kapag nag-tie kayo?? Hehehehehehe!" biro ni Tob.

"Wala.." derektang sagot ni Taguro na nagstretching pa kunwari!

Hambog talaga..

"Ang unang makasampu, sya ang panalo.." sabi nya pa at saka pumwesto! **"Amin ang bola.."** sabi nya pa.

"A-Anong inyo?!" inis na tanong ko sa kanya! **"Samin!"**

"Edi sa inyo.." sabi nya pa at saka humarap sakin!

Binato sakin ni Tob ang bola at binantayan naman ako ni Taguro!

Hindi ko magawang ipasa kay Lee dahil unang una bantay na bantay ako ni Taguro at si Lee naman ay alanganin ang pwesto!

Kaya naman wala akong choice kung hindi ang gumawa ng sariling move para makaiskor!

"Tandaan mo.. kapag natalo kita.. girlfriend na kita.." nakangisi munit seryosong sabi ko at saka tumalikod sa kanya at nagcrossover dribble at saka lumapit sa basket at tumira!

HULOG!!

"Nice one!" sigaw pa ni Tob! **"Eight.. Nine!"**

Nakila Taguro na ang bola!

Masama ang tngin nya sakin habang hinihintay na ipasa sa kanya ni Parrot ang bola!

"Pano ba yan?? Isa na lang??" mayabang na tanong ko pa.

Mabilis syang tumapak sa kaliwang banda ko at nung gagayahin ko na sya ay umikot sya sa harap ko at napunta sa likod ko! Eksaktong ipinasa naman sa kanya ni Parrot ang bola kaya naman ngumisi pa sya sakin habang nagdridribol!

Hamog!!!

Mabilis akong hinabol sya at kasalukuyan kaming magkaharap habang deretso syang nagdridribol ng bola!

Sinubukan ko pang agawin sa kanya ang bola munit mabilis nyang naisalin sa kanang kamay nya ang pagdridribol..

Bahagyang bahagyang nakangiti pa sya habang deretsong nakatingin sakin!

"One wrong move, Taguro.. akin ka na.." nakangising sabi ko habang pinagmamasdang maige ang mukha nya.

"Asa.." nakangiting sabi nya pero biglang sumeryoso at nginisian ako!

"Some people want it to happen, some wish it would happen.. But I.. I will make it happen!" sigaw ko sa kanya!

At saka mabilis na ***INAGAW*** ang bola sa kanya!

"Pano mo gustong mahulog 'tong bola'ng 'to??" nakangising tanong ko pa sa kanya! Gulat syang napatingin sakin!

Talagang nanlalaki ang mga mata nya!

"OMG!" sigaw ni Parrot!

Nanatili akong nakatingin kay Taguro at sarkastikong ngumisi!

Mabilis syang tumakbo pasugod sakin at nung astang aagawin ang bola ay iniangat ko 'to sa ere!

"Will you be my girlfriend??" mahinang bulong ko habang seryosong nakatingin sa mga mata nya..

Ang kaninang galit na mga mata nya ay napalitan ng pagkagulat!

Kitang kita ko kung paanong napalunok pa sya at saka ko idrinibol ang bola!

"Will you be my girlfriend??" ulit ko pa at saka ngumisi sa kanya. **"You have no choice.. you will be my girlfriend.."** nakangiting sagot ko at saka dahan dahang tumalon at dinunk ang bola..

"Eight.. Ten! Team Sensui won!!!! Teren ten teren! Ten ten! Tinininininininininin! Teren ten teren! Ten ten! Tinininininininininin!" sigaw ni Tob!

Gulat pa kaming napatingin kami kay Tob nung biglang umasta syang parang ninja!

♫ ♪ **"MECHAMECHA kurushii kabe datte fui ni naze ka.. buchikowasu yuuki to power waite kuru no wa.. MECHAMECHA kibishii hito-tachi ga fui ni miseta.. yasashisa no sei dattari suru n darou ne!!! A RI GA TO U GO ZA I masu!!!"** ♪ ♫

KINANTA ni TOB yung Opening Theme Song ng Ghost Fighter!

Baliw talaga 'to..

"Omedetōgozaimasu!!!!!!" sigaw pa ni Tob!

Translation: Congratulation!!!!!!!

****AUTHOR'S NOTE: Nasa website (maxinejiji.webnode.com/) ko po yung video ng Opening Theme Song ng GHOST FIGHTER, click nyo lang po yung He's into Her sa menu.. Kung saan parehong character sina SENSUI at TAGURO d^_^b Medyo madatagal na kasi ang anime na yan kaya karamihan sa inyo ay paniguradong hindi alam. Japanese Anime as usual.. kinalakihan kong anime! d^_^b Thank youuu ♥****

Nung makatalon ako pababa ay hindi ko magawang humarap agad sa kanya kaya naman hanggang ngayon ay nakatalikod ako kay Taguro..

Para akong hinahabol ng mga puso!!!!

Nyahahahahahahahaha!!!!

Pilit kong hindi ipinakita sa kanila ang ngiting nagkukumawala sa mukha ko!!!

Taguro.. Taguro.. Taguro.. Taguro.. Tsk tsk tsk!!!!

Dahan dahan akong humarap kay Taguro at kitang kita ko naman ang pagsisisi sa mukha nya!

Bwahahahahaha!!!!

Gusto ko syang pagtawanan dahil sa itsura nyang animong pinagsukluban ng langit at lupa!

Tumingin sya sakin at nananatiling blangko ang mukha nya!

Nginisian ko sya at saka ko sya dahan dahang nilapitan..

"Sibat muna kami, dre! Kayo muna dyan!" dinig ko pang sigaw ni Tob at mula sa gilid ng mga mata ko ay kita kong lumayo sila samin..

Nananatili kaming nakatingin ni Taguro sa isa't isa at kitang kita ko ang pagka-ilang nya..

MAX'S POV

Nakaramdam ako ng matinding kaba nung maagaw nya ang bola at mas matinding kaba pa nung biglang mag-slow motion sa paningin ko ang ginawa nyang pagtira!!!!

Peste!

Dagdagan mo pa ng kaunting bilib dahil dinunk nya ang bola!

At ngayon.. mukhang tangang nakangisi sya sa harap ko habang ako ay ilang na ilang sa paningin nya!

Bakit ba ako pumayag sa ganoong deal nya?! Bobo!

Nakaramdam ako ng inis sa sarili ko!

"Never underestimate the heart of a Champion, Maxpein.." matamis ang ngiting bulong nya pa sakin at napaiktad naman ako!

Dahilan para saluhin nya ang bewang ko!

Biglang natuyo ang lalamunan ko kaya naman kahit anong pilit na lunok ang gawin ko ay wala akong mahitang laway!

It's happening again! Demmit!

Sinubukan kong umalis sa pagkakabihag nya sa bewang ko munit mas hinigpitan nya yun at saka dahan dahan akong inilapit sa kanya!

Eotteokke!!!!!!

Translation: What should I do!!!!!!

Hindi ko pa rin magawang tignan ang mga mata nya!

Lalo na nung maramdaman ko ang dahan dahang paglapit ng mukha nya!

Ilang beses akong kumurap habang nakatingin sa leeg nya!!!

Amoy na amoy ko ang pabango nya at nararamdaman ko na sa mukha ko ang hininga nya!

S-Subukan mo lang talagang ilapit ang mukha mo sa mukha ko.. ihahampas ko sa basket board yang nguso mo!

Bakit ba hindi ako makagalaw!!

Pakiramdam ko ay namanhid ang buong katawan ko at kusang huminto ang paligid namin!

"You're mine now.." mahinang bulong nya.

At naiangat ko ang paningin ko dahilan para magtamang muli ang mga paningin namin.

Kitang kita ko ang mga kislap sa mga mata nya at ganon na rin ang matatamis na ngiti sa labi nya!

Nakangiti syang pinagmasdan ang kabuuan ng mukha ko at napatingin naman ako sa labi nya!

Pakiramdam ko ay unti-unting namuo ang mga butil ng pawis sa noo at ilong ko!

Kumabog ng matindi ang puso ko at para na akong

Nanlalaki ang ulo ko at parang sumisikip ang maghinga ko!

Pakiramdam ko rin ay nakatayo na laha ng balahibo ko!

Peste talaga! Bwiseeeettt!!!!!!!!! Grrrrrrrrrr!!! Huhuhuhuhuhu demmit!

Nagulat na lang ako nung bigla nya akong yakapin!!!!!

YAKAPIN NG MAHIGPIT NA MAHIGPIT!!!!!

"I can still remember everything, Maxpein.." mahinang bulong nya at natigilan naman ako..

Bakit nagmama-Maxpein ngayon 'to??

Bahagya ko pang naikuyumos ang dalawang kamay ko nung marinig ko ang malambing na pagkakasabi nya ng pangalan ko..

"The first time I saw you.. Our first fight.. Our first kiss.. tight hugs.. I remember all of them.. pati na rin ang unang hininga mong naamoy ko.. tandang tanda ko.." dagdag bulong nya. **"Hindi kita mamadaliing mahalin ako.. pero hayaan mo'ng iparamdam ko sayo kung gaano kasarap magmahal matapos mong masaktan.."** bumitaw sya sa pagkakayakap sakin at dahan dahan akong inilayo ng bahagya.. Hinawakan nya ang magkabilang pisngi ko at tinignan ang kabuuan ng mukha ko. **"Gusto kitang makitang ngumingiti o tumatawa maya't maya sa harap ko.."** nakangiting usal nya pa. **"Can I keep you??"**

Hindi ko maintindihan kung paano kong natatagalan ang mga kinang ng mata nya..

Madali para saking iwasan ang mga tingin nya munit para nitong hinihigop ang mata ko..

Bakit ba ganito ang nararamdaman ko kapag sya ang kaharap ko???

Napupuno ako ng pagkalito..

Litong lito..

Alam ko at sigurado akong si Randall pa rin ang gusto kong makasama pero..

TUG!*DUG!

TUG!*DUG!

Napatitig ako sa mga mata ni Sensui at tinitigan ko rin ang kabuuan ng mukha nya..

TUG!*DUG!

TUG!*DUG!

Si Randall pa rin nga kaya ang mahal ko???

Bumalik ako sa reyalidad nung biglang halikan nya ang noo ko..

"W-Wala ka man lang bang sasabihin??" tanong nya pa na bahagyang yumuko sakin para silipin ang mga mata ko.

"Y-Yung bola... n-nasan na??"

"Eh?!" biglang gulat na tanong nya!

Naiiwas ko pa ang mukha ko sa lakas ng sigaw nya!

"K-Kung anu-ano ng sinabi ko dito t-tapos yung b-bola lang ang iniisip mo!?" inis na tanong nya!

"H-Hiniram ko lang kasi yun---hindi p-pwedeng mawala.." naiilang na sagot ko.

"Tch!" singhal nya at saka tinalikuran ako at kinuha yung bola!

Don naman ako nakahinga ng maluwag!!!! Na nanikip rin agad pagbalik nya!

"Oh!" sigaw nya pero iniabot ng ayos sakin yung bola!

"T-Thanks.."

"Siguro naman ngayon masasagot mo na ako ng maayos??" sarkastikong tanong nya pa. **"Girlfriend na ba kita o girlfriend na ba kita??"**

"H-Ha??"

"Okay.. girlfriend na kita!"

"Tsk tsk tsk.." iiling iling na sabi nya pa.

What!?

"Napakaswerte mo't ako ang boyfriend mo, Taguro.."

"Tss.." mahinang singhal ko.

Ngumiti lang sya sa harap ko at huminga ng napakalalim at saka tumitig na naman sa mukha ko!

"I'm in love with you.."

Ramdam ko talagang nanlaki ang mga mata ko sinabi nya at kitang kita ko ang bahagyang pagtawa nya!

"Just so you know.. I fell in love with you and I don't know the reason why and I don't have any idea how it happened.. I just did.." malumanay na dagdag nya pa.

"And I'm sorry.. because I can't promise you anything.." dagdag nya at don ako nakaramdam ng tuwa..

Napatungo ako at bahagyang ngumiti..

Isang bagay na ayaw ko..

ANG NANGANGAKO..

"Tch.. Ganyan ka ba talaga?!" galit munit nakanguso'ng tanong nya. **"Hindi man lang kiligin.."** mahinang usal nya pa at nangiti naman ako.

"Oh? Hindi ka na ba maglalatag ng mga patakaran mo??"

"Tch.." nakangiting singhal nya at saka lumapit at umakbay sakin. **"Susunod ka ba naman kapag nagsabi ako??"** nanunukso ang tingin na tanong nya.

"Depende.."

"Hindi na.."

Hindi ko ipinakitang nagulat ako sa sagot nya..

Gusto kong tanongin kung bakit pero hindi ko magawa..

"Hindi ko na iisa-isahin ang patakaran ko.. masyado ng malaki ang tiwala ko sayo para ipaalala pa yun sayo.."

"B-Bakit?" tanong ko.

"Anong bakit??" tanong nya.

"Bakit ka nagtitiwala sakin??"

"Tch! Kuntento na ko sa kayabangan mo..."

"H-Ha??"

Ano bang sinasabi nya..

Hindi nya ako sinagot..

Pero bigla nya na naman akong HINILA AT NIYAKAP!!!!

"I don't know what to say.. but I know what to do.. I just wanna hug you..." mahinang usal nya pa.

10

9

8

7

6

5

4

3

2

1

Ganon nya katagal na yinakap ako!!!!

Kaya naman nandon pa rin ang gulat ko hanggang sa kusa syang humiwalay sakin!

Munit laking gulat ko nung makitang nangingilid ang luha sa mga mata nya..

"All I can promise you is that... I love you.."

Kumabog ng sobra ang dibdib ko pero hindi maalis ang paningin ko sa kanya..

Hindi ko alam kung bakit parang napakasarap panoorin ng sinseridad na makikita mo sa mga mata nya pati na rin sa kabuuan ng mukha nya..

"H-Hindi mo alam kung gano kasarap ang pakiramdam ko ngayon.." nakangiting dagdag nya pa. **"You're the reason why I feel like I've never been hurt before.."** tinuktok nya pa ang noo ko at napatingin naman ako sa paanan nya. **"Nung gustuhin kita.. pakiramdam ko, yun ang kauna-unahang beses na nagkagusto ako.."**

Tumingin lang ako sa mga mata nya at kitang kita ko namang seryoso sya sa mga sinasabi nya kahit bahagyang nakangiti pa sya..

"Gusto kong kainggitan ako ng lahat ng tao sa mundo dahil akin ka.." bulong nya pa.

"I d-don't know what to say.." mahinang sagot ko.

Nauubusan talaga ako ng sasabihin..

Nadidigest ko lahat ng sinasabi nya pero wala akong maisip na pwedeng isagot sa kanya!

Asan na ang yabang mo ngayon, Maxpein?!

"You don't have to say anything.. maging normal ka lang sa harap ko.. ayos na.."

"B-Bakit!? Abnormal ba ako!?" inis na tanong ko.

"Kadalasan.. Oo.." natatawang sagot nya!

"Tss..."

"Isang bagay kung bakit hindi ko maalis ang nararamdaman ko sayo.. lahat ng kaabnuyan mo.." nakangiting sabi nya at saka muling tinuktok ang noo ko!

"Hoy!!! Lahat ng tao'ng in love nakakaramdam rin ng gutom, Enrile!!!!"

Sabay kaming napalingon sa sigaw na yun ni Tob!

Kunot-noo naman syang tinignan ng masama ni Sensui!

"Epal.." mahinang bulong pa ni Sensui habang nakatingin kay Tob at saka muling humarap sakin at ngumiti. **"Let's go, babe.."**

"A-Anong *'b-babe'*?!" gulat na tanong ko at binigyan nya naman ako ng maang-maangang tingin!

"Mmm??? Ano ba dapat??? Kurimaw? Ulikba? Kulapo----"

"M-Manahimik ka nga!" inis na sigaw ko sa kanya!

"Edi.. babe na nga lang hahahahahaha!!! Tara.."

Siraulo..

"Mmm.. let's go??" sabi nya pa na inialok ang kamay nya!

Gulat naman akong tinignan yun at saka muling tumingin sa kanya!

Isinenyas nya pang abutin ko yon!

Kaya naman...

INABOT KO RIN..

Peste..

♫ ♪ **"Although loneliness has always been a friend of mine.. I'm leavin' my life in your hands.. People say I'm crazy and that I am blind.. Risking it all in a glance.. And how you got me blind is still a mystery.. I can't get you out of my head.. Don't care what is written in your history.. As long as you're here with me.. I don't care who you are.. Where you're from.. What you did.. As long as you love me.. Who you are.. Where you're from.. Don't care what you did.. As long as you love me.. I've tried to hide it so that no one knows.. But I guess it shows.. When you look into my eyes.. What you did and where you're comin from.. I don't care, as long as you love me, Ta.. Gu.. Ro.."** ♪ ♫

Parang tanga'ng kinanta nya pa sa harap ko ang kantang yun ng Backstreet Boys!

SONG: As long as you love me by Backstreet Boys

Bumitiw ako sa kamay nya.. tumingin sya sakin at saka muling ngumiti..

"In love na in love, dre ah?!" pang-aasar sa kanya ni Tob nung makalapit kami sa kanila.

"Anong gusto mong kainin, Tob?!" masayang tanong naman ni Sensui sa kanya!

"A-Anak ng... hahahahahahahhaha!!!! Seryoso ka, dre??" tanong pa ni Tob na tumingin kay Lee na natatawa rin sa itsura ni Sensui!

"Hahahaha ganito rin ba itsura ko kapag nagbibiro ako??" natatawang tanong pa ni Sensui na nakaturo sa mukha nya.

"Tsk tsk tsk.. iba ka, Enrile!!!!" sigaw ni Tob sa kanya na inipit sa kilikili ang leeg ni Sensui at ginulo ang buhok nya!

"A-Ano ba! Ano ba!" sigaw ni Sensui sa kanya nung makawala sya! **"Magsasabi ka ba o kokotongan pa kita?! Hahahahaha!"**

"Okay na sakin ang pizza! Hahahahahahaha!"

"Sige ba! Gusto ko yan!" sabi ni Sensui at saka

"H-Ha??" tanong ko.

"Bukod sakin kako.. anong gusto mo??"

Kapal..

"Hahahahahahahaha tigas ng mukha mo, dre!" si Lee.

Napatingin naman ako kay Naih pero hindi ko malaman ang reaksyon nya..

Parang peke yung mga ngiti sa mukha nya!

Nakangiti sya habang pinapanood pa sila Sensui, Tob at Lee.

Hindi sya tumitingin sakin kahit na kitang kita namang nakatingin ako sa kanya..

Madalang akong magkamali sa mga hinala ko pero.. sana nagkakamali lang akong hindi nya nagugustohan ang nakikita nya..

Palihim akong bumuntong-hininga..

"Pucha, dre baka buong village nyo mapakain mo sa sobrang saya mo!? Hahahahahah!!!" si Tob.

"Kung gusto ba nila e.. bakit hindi?!"

"Woooowww!! Hahahahahaha! King ina, dre.. ipatawag mo lahat ng mga bakla sa school dali!" utos kunwari ni Tob kay Lee.

"Tsh.. bakit hindi ikaw ang tumawag?" inis na tanong ni Lee sa kanya.

"Ang korni mo, Lee.. bumalik ka sa history para alam mo kung pano mangligaw!"

"W-What!?"

"What your asssss! Stop me! Bwahahahahahahaha!!!"

Gulat akong napatingin kay Naih at halatang nailang sya sa biro'ng yun ni Tob.

"Ssshhkk.. sana nandito rin si Michiko.. heheheheheheheh.." biglang malungkot kunwaring sabi ni Tob.

"Bakit kasi hindi mo sinama?" tanong ni Sensui.

"E biglaan naman kasi 'tong lakad nating 'to.."

"Edi bukas.. labas tayo.." nakangiting sabi ni Sensui na sumulyap pa sakin!

Ugok ka ba!?

Saan naman kami pupunta!?

"Talaga?! Date ba yan, dre???" tanong pa ni Tob sa kanya!

"Malamang! Alangang riot! Tae ka hahahahahahaha!!!" si Sensui.

"Yun oh! Gusto ko yan! Ano, Lee?! Sama ka ba?! Bukas daw oh!?" baling ni Tob kay Lee.

"Anong meron?"

"Fiesta! Bwiset ka.. Date nga!" sigaw ni Tob!

"E bakit naninigaw ka!"

"E pano---sa sobrang kaba mo.. nabibingi ka!"

Gusto kong matawa sa sobrang ingay ni Tob..

Pero hindi ko magawa dahil naaagaw talaga ni Naih ang atensyon ko..

Nagbiruan pa sila hanggang sa tuluyan kaming makarating ulit sa bahay nila Sensui..

"Omo! You're back!" excited pang salubong samin ni Mrs. Enrile. **"Kumusta ang game??"**

"Okay naman, Tita! Winner!!!" sagot pa ni Tob!

"Yiiiieeeeee!!!!" kinikilig pang sabi ni Mrs. Enrile at saka tumingin sakin! **"Gumawa ako ng White Chocolate Fruit Tarts, Maxi.. for and your friends hihihihihihihi.. May ice cream rin yiieeee.."**

"A-Ahh.. thank you ho.."

"Let's go inside.." yaya nya at sumunod naman agad ako sa kanya.

Nung makarating kami sa kitchen nila at agad kaming naupo ni Naih at yung tatlong lalaki naman ay hindi mapakali kasisilip ng inihahanda ni Mrs. Enrile.

Kaya naman nagkaron ako ng tyansang kausapin si Naih.

"Okay ka lang?" bulong ko at nilingon nya naman ako.

"May dahilan ba para hindi ako maging okay?" sarkastikong bulong rin nya at mas tinitigan ko naman sya pero pasiring nyang iniiwas ang paningin nya sakin.

"Bakit natahimik ka bigla?"

"Mmm.. kailangan bang parati akong nagsasalita??"

"Hindi.. pero hindi ako sanay ng ganito ka---"

"Ano ba dapat ako?"

Nakaramdam ako ng kaunting inis sa ginagawa nyang pagbabalik ng tanong sakin!

Napabuntong-hininga ako at salubong ang kilay na tinignan sya..

Nilabanan nya naman ang tingin kong yon..

"Mag-usap tayo mamaya.." mahina munit matalim na sabi nya pa at saka muling iniwas ang paningin sakin..

Nanahimik na lang ako kahit pa ginugulo pa rin ni Naih ang isip ko..

Pakiramdam ko ay alam ko na ang dahilan ng pagkakaganyan nya pero gusto ko pa ring marinig mula sa kanya..

Maya maya lang ay inilatag na ni Mrs. Enrile ang mga meryenda sa harap namin..

"White Chocolate Fruit Tarts and Opulence Sundae..." nakangiting sabi pa ni Mrs. Enrile. **"Boys, come here and sitdown.."** at nagsipag-upuan naman yung tatlo. **"Here.. Yiiieeee.. go ahead and eat it.."**

At sinimulan namin ang pagsubo..

Naignorante na naman ako sa lasa!!!

"Wooooooooowwwww!! Ang saraaaaappp!!!!" si Naih!

"Hihihihihi! Thank youuuuu, Zarnaih!!" si Mrs. Enrile.

"Tsh.." mahinang singhal ni Lee kay Naih na nginusuan lang sya.

"Parati kaming ginagawan ni Tita Lacey ng desserts kapag pumupunta kami dito.." nakangiting kwento ni Tob.

"Oo.. magtatampo na nga sana ako kasi ang tagal na namin dito pero hindi man lang kayo dumalaw ni Lee.." malungkot pa kunwaring sabi ni Mrs. Enrile. **"Buti na lang at nagpunta kayo ngayon dito at magkakasama kayo.. Yiiieeee.. natuwa ako at dahil dito kay Zarnaih ay nadagdagan na naman ang kilala kong kaibigan ng baby ko.. Di ba baby???"**

"M-Mom.." suway ni Sensui sa kanya.

"Oh bakit?? Hmp! Twing kaharap mo ang mga kaibigan mo.. kinakahiya mong baby ang tawag ko sayo---"

"I-It's not like that, M-Mom.. please.."

"Hihihihi biro lang! Ito naman.." sabi ni Mrs. Enrile'ng tinapik pa sya sa balikat at saka nakangiting tumingin kay Lee. **"Hindi mo naman sinabi sakin, Lee na ganito pala kaganda ang girlfriend mo.."**

"Huk!"

Lahat kami ay napatingin kay Naih.

"A-Ahh hehehehe.. M-Misis.. h-hindi po kami mag-on ni Lee.." nauutal na sagot ni Naih na sumesenyas pa ang dalawang kamay. **"M-Magkaschoolmate lang po kami talaga---"**

"Ganoon ba??" gulat na tanong ni Mrs. Enrile. **"E bakit bagay kayo??"**

Napatingin ako kay Naih at gulat na gulat sya!

Napatingin ako kay Lee at bakas naman ang pagkailang sa kanya..

Sweet..

"T-Talaga p-po??" gulat pang tanong ni Naih.

"Tsh.. she's just joking.. sumakay ka naman.." si Lee kay Naih.

"A-Ano?! H-Hoy! Excuse me ah?! K-Kinukumpirma ko l-lang yung sinabi ni T-Tita.."

"Feeling.." bulong pa ni Lee.

"H-Hoy! H-Hoy ah!! L-Lee ah!"

"What?!" seryosong tanong ni Lee sa kanya na tinitigan pa sya sa mga mata.

"P-Pasalamat ka m-may maisasalpak ako sa bibig ko k-kung hindi---"

"Kung hindi.. ano?!"

"W-Wala.." napapahiyang sagot ni Naih at saka tumungo sa pagkain nya.

She's in love..

"Yiiiieee hihihihi ang cute cute nila ano???" si Mrs. Enrile. **"Ikaw naman Tob.. kailan ko mamimeet ang lucky girl mo??"**

"Nako, TIta.. ako po ang swerte sa kanya! Hahahahahahahaha napakaswerte ko dahil ramdam kong mahal ako ng tao'ng mahal ko.. ang sarap pala sa pakiramdam non Tita??"

"Of course.. so kailan ko nga sya makikilala?? Michiko, right?? Japanese rin sya??"

"Opo, Japanese po ang Daddy niya pero dito na tumira, hehehe!"

"I see.. edi bagay na bagay rin kayo hihihihihihihi.."

"Sobra po Tita hahahahahaha! Bukas po.. lalabas kami e.. Ipapakilala ko po sya sa inyo.."

"Yiiieee.. I'm so excited.." nakapangalumbaba at ngiting ngiti pang sabi ni Tita at saka tumingin sakin!

Nanlaki pa ng bahagya ang mga mata ko nung magtama ang paningin namin!

"And what about our Maxi????"

Our???

"Hahahahahahahaha hot seat yan!!!" biro pa ni Tob!

"Kumusta naman ang lagay nyo ng baby Deib ko, Maxi???" nakangiting sabi nya pa na parang excited pang marinig ang sagot ko! Sa ilalim ng mesa ay naikuyumos ko pa ang mga kamay ko sa sobrang kaba!

Ang bilis bilis ng tibok ng puso ko at hindi ko na marinig ang nasa paligid ko..

"Maxi??"

"H-Ho??" sagot ko pa.

"Hihihihihi.. how's your relationship with Deib??"

"R-Relationship h-ho??"

"Yes.."

"A-Ahh.." sagot ko at saka napatingin kay Sensui.

Nakapangalumbaba rin sya at deretsong nakatiitg sakin na bahagyang nakangiti pa!

At ngayon ko lang sasabihin 'to..

Ang gwapo nya don sa ngiting yun..

Naramdaman ko ang mas matinding kaba kaya naman nagsimula ng mangatal ang mga kamay ko sa ilalim ng mesa..

"Tsk tsk tsk.." nakangiting iling pa ni Deib habang nakatingin sakin.

Hindi ko malabanan ang mga tinging yun kaya naman napatungo nalang ako sa pagkain ko..

"Yiiiiieee!!!! Naiilangan si Maxi oh!!!" panunukso pa ni Mrs. Enrile!

Tsk.. Ano ba 'tong pinasok ko?? Ni minsan hindi pumasok sa isip kong mararanasan ko 'to..

Pilit kong pinapakalma ang sarili ko pero hindi ko malabanan ang tindi ng kaba'ng nararamdaman ko!

"Me and Maxpein..."

Naiangat ko ang paningin ko kay Sensui at muling nagtama ang paningin namin at napanood ko pa kung paanong ang ngiti nya ay dahan dahan napalitan ng matamis na tawa! Bahagya pang nakanganga ang mga labi nya mula sa tawa habang nakatingin sakin!!!!

"You and Maxi?? You're what??" nakangiting tanong na naman ni Mrs. Enrile.

Napatingin ako kay Sensui at nakangiti lang sya..

~KNOCK! KNOCK!~

Woooohh!!

Nakahinga lang ako ng malalim nung maalis lahat ng paningin nila sa akin sa biglaang pagkatakot na yon..

Sabay sabay silang nilingon yun kasunod ako..

SI DEIN..

d-.-b

"Mmm.. hindi ko alam na may bisita pala?? Mga bisita.." sarkastikong sabi nya pa at saka sumulyap sakin na pasiring rin nyang inalis ang paningin sakin. **"Mukhang nagbonding kayo ah??"** baling nya kay Sensui.

"Mmm.. Basketball.." nakangiting sagot ni Sensui sa kanya. **"Kain ka.. andaming merienda.."**

"No, thanks.. Kumain kami sa labas ni *'Randall'*.."

Hindi ko alam kung talagang ramdam ko ang pagdidiin nya ng pangalan ni Randall..

O paranoid lang ako..

"Enjoy your stay.." nakangiting sabi pa ni Dein na sakin nakatingin at saka umalis.

Mabilis namang tumayo si Tob kaya napunta sa kanya ang atensyon ng lahat.

"A-Ahh hehehehe.. nagtext sakin si Michiko, magkikita daw kami hehehehe.." si Tob.

"Naks.. Sabihin mo pasensya na hindi sya nakasama dito.. biglaan kamo hehehe.." si Naih.

"Mmm.. maiintindihan nya naman yon hehehe.."

"Sabihin mo, nagpractice ka ng basketball ng maiging maigi.." biro ni Sensui.

"Hahahaha.. o sya sya sige.. mauna na muna ako sa inyo, out of place ako dito e hahahahaha.. Tita, salamat ng marami sa napakasarap na merienda.. Hindi talaga ako nagsisising pumunta dito at mukhang babalik pa po ako hahahahaha.."

"Of course Tob.. you're always welcome here.. pwedeng pwede kang pumunta anytime.." si Mrs. Enrile.

"Sabi nyo yan, Tita ah?"

"Of course.."

"Hehehehehe.. mauuna na po muna ako at yung pangarap ko e gusto akong makita hahahahaha.."

"Take care.."

"Thank you po.. Guys, una na ang pinakagwapo hahaha! Salamat sa inyo!"

"Geh ingat.." si Senui.

"Be safe.." si Lee.

"Ingats.." si Naih.

"Max.." baling sakin ni Tob.

Tumingin ako sa kanya.

"See you on Monday.."

"M-Mmm.." napapatangong sagot ko na lang. **"Ingat.."**

"Salamat.. una na ako.. Enjoy! Balitaan nyo ko.." sabi pa ni Tob at saka kumaway at umalis.

Agad namang tumayo si Mrs. Enrile at napatingin kami sa kanya.

"Nako.. nawala na sa isip ko yung gagawin ko.. marami rami pa akong kailangang gawin.. maiwan ko na muna kayo dyan---" napahinto sya sa pagsasalita nung tumayo ako. **"Oh.. Maxi?"**

"Mauuna na rin ho kami.." sagot ko.

"Ha? Bakit ang aga naman??"

"Babalik na lang ho kami next time.."

"Ganon ba?? Kung ganon.. sige ihahatid ko na muna kayo dyan sa gate.. Deib, ihatid mo na sila sa kanila.."

"Hindi na ho.. may dala ho kaming motor.."

"Motor na naman??"

Hindi ko sya sinagot at napailing naman sya sakin habang nakanguso.

"O sya sige sige.. mag-iingat kayo ha?? Halika na't ihahatid ko kayo sa gate.."

Tumayo si Naih at si Lee at sumunod kay Mrs. Enrile palabas ng kitchen, si Sensui naman ay naiwang nakangusong nakatingin sakin nung lingunin ko sya.

"Tara.." mahinang yaya ko sa kanya.

"Bakit ang aga mo namang umuwi?" nakangusong bulong nya pa.

"Gusto ko kasing magpahinga.."

"Tch! Hindi pa ba pahinga'ng matatawag 'to? Dito ka na muna.. gusto pa kitang makasama e.."

d>_<b

"Magkikita pa naman tayo sa Monday---"

"Magkikita tayo ng mga ilang taon pa pero ngayon kita gustong makasama.."

"Napagod kasi ako.. hindi pa ako nakakabawi ng tulog mula k-kagabi.." naiilang pang sagot ko.

"Tch.. andami ko pa namang gustong.... s-sige na nga.. ihahatid na kita.." salubong ang kilay nyang tumayo. Pinigil ko naman sya.

"Gustong ano?" seryosong tanong ko at tinignan nya naman ako sa mga mata.

"Andami kong gustong itanong sayo.. kaso nagmamadali ka namang umuwi.."

"Tss.. mukha ba akong nagmamadali? Gusto ko lang talagang makapagpahinga.."

"E-Eh p-pwede ka naman kasing magpahinga dito.."

Bahagya akong ngumiti sa kanya..

"Wag kang mag-aalala.. next time.. pupuntahan kita kapag gusto kong magpahinga.."

"Tch! Kailan pa yun!"

"Parati naman akong pagod e.."

Gulat syang napatingin sakin kaya bahagya akong natawa..

"Madalas akong pagod kaya maraming oras na gusto kong magpahinga.. ibig sabihin.. maraming chance na makasama mo ko.."

"Tch.."

"Wag ka ng mapilit.. pagbibigyan kita next time... ako muna ngayon.."

"May choice pa ba naman ako?" inis na tanong nya at saka may kinuha sa ref at saka bahagyang inihampas sa braso ko.

"A-Ano 'to??" takang tanong ko.

"Yung tarts.. iuwi mo.." masungit na sagot nya.

"A-Ahh.. salamat.."

"Kainin mo yan ah!?"

"Oo.." nakangiting sagot ko at bumuntong-hininga naman sya.

"Tara na nga!"

"Tss.. bakit ba nagkakaganyan ka??" natatawang tanong ko. **"Wag kang mag-alala dahil makakasama mo pa ako.. lalo na ngayon.. girlfriend mo na ako.."** mayabang na dagdag ko pa at nahinto naman sya sa paglalakad at saka nilingon ako. Bahagyang nakangiting tinignan ko anman sya.

Nakangiting lumapit sya sakin at saka hinawakan ang dalawang pisngi ko..

"Wag ka ng umuwi.. dito ka na!" mahinang sigaw nya pa habang nakangiting nakatitig sa mga mata ko.

"Hindi na.. saka na.. hindi ako makakapagpahinga dito.."

"G-Gusto talaga kitang makasama e.."

"Kasama mo na nga ako e.."

"Uuwi ka naman!"

"Malamang.. wag ka ng makulet.. Mauulit naman 'to di ba??"

"Oo.."

"Yun naman pala e.. edi sisibat na muna ako ngayon.."

Hinawakan ko ang dalawang kamay nyang nakahawak sa pisngi ko at saka dahan dahang inalis yon.. Nakangiti akong binitiwan ang isang kamay nya at nanatiling hinawakan ang isa at saka hinila sya papalabas ng kitchen na yon.. Kusa rin akong bumitaw pagkalabas namin.

"Ang tagal nyo naman??" si Lee.

"Heheheheh ganon talaga.." sagot ni Sensui sa kanya.

Kaming dalawa naman ni Naih ay lumapit na sa motor namin. Si Lee ay lumapit sa kotse nya.

"Ahh.. Tita.. salamat po talaga ng napakarami sa mga pinakain nyo sakin, ikukwento ko po kayo sa Mommy ko at sasabihin kong napakagaling nyo po'ng magbake ng mga desserts.." si Naih.

"Talaga?? Salamaaaat rin sayo hihihihi nakakatuwa ka naman.."

"Kasi po Tita, madalang po talaga akong makatikim ng ganyan kasi hindi po ako mahilig sa mga desserts.. hehehehehe.."

Hindi mahilig??? Tss.. kaya pala isang cake e kanya lang..

"Ganon ba?? Kung ganon.. kailangan mo pa lang pumunta ng madalas dito?? Kayo ni Maxi.. kasi every week ay iba't ibang klase ang bine-bake ko.."

"Woooowww talaga poooo?? S-Sige po.. kakapalan ko na po talaga ang mukha ko, Tita.. babalik po ako kahit araw-araw.."

"Hihihihii aasahan ko yan ah??"

"Salamaaat po talaga, Tita!"

"Pero syempre.. isama mo si Maxi... hihihihi.."

"Oo naman po Tita hehehe.. O sya sige po, mauuna na po muna kami.. at promise po'ng babalik po talaga ako.. Salamat ng marami talaga Tita.. bukod sa maganda na kayo e napakabait nyo pa po.."

"Nakooo hihihihi salamat rin iha.."

"Mauna na ho kami.." sabat ko at napatingin naman sakin si Mrs. Enrile. Lumapit sya kay Naih at saka yumakap..

"Nice meeting you, Zarnaih.."

"Nice meeting you too po Tita Lacey na maganda.."

At saka lumapit sakin si Mrs. Enrile.

"Nabitin talaga ako sa time natin together ngayon.. sana sa susunod mas matagal kayong makakapagstay ni Zarnaih dito sa bahay hihihihi.."

"S-Sige ho.."

"Nice to see you again, Maxi.."

"Nice seeing you too Mrs. Enrile---"

"Aissshh!" suway nya sa akin at saka ngumuso. **"Hanggang ngayon ba naman e Mrs. Enrile ang tawag mo sakin?? Sabi ko naman sayo.. Mommy na lang hihihihihi..."**

Napapahiyang natawa na lang ako kunwari.

"S-Sige ho.. T-Tita.." sagot ko..

"Ayaw mo ng Mommy?? Hihihihi.."

"A-Ahh hehehehehe.." pilit ang tawag naisagot ko lang.

"Hmp! Hihihihi sige.. okay na ako sa Tita hihihi.." at saka sya bumaling kay Lee. **"Mmm.. handsome, babalik ka ha?"**

"Of course, Tita.."

"Aasahan ko yan.. at saka sana maggirlfriend ka na! Sa sobrang linis mo sa katawan baka mapagkamalan kang bakla nyan.. sige ka.."

"T-Tita??"

"Hihihihihihi joke lang ano ka ba.." natatawang sabi nya kay Lee na hinampas pa ang braso nito. **"Oh well.. alam ko namang in love ka kaya hindi na ako makikialam hihihihi.. yiiieee.."**

"E-Ehh hehehehehe m-mauna na po ako.. Dre.." baling nya kay Sensui na tinapik ang balikat nya. **"Kita na lang ulit tayo sa Monday.. una ako.."**

"Sige.. ingat.." si Sensui.

"Thanks.." nakangiting sabi nya at saka bumaling sakin. **"Take care.. see you.."**

"Ingat.." sagot ko.

Hindi man lang sya nagpaalam kay Naih at saka nagmamadaling pumasok na sa kotse nya. Bumusina pa sya bago tuluyang umalis.

"Psh.." dinig kong singhal ni Naih at sinulyapan ko naman sya pero nakatingin sya sa kotse ni Lee.

Tumingin ako kila Sensui.

"Alis na ho kami.." sabi ko kay Mrs. Enrile at saka tumingin kay Sensui. Nakanguso pa rin sya. **"Wag kang mag-alala.. makikita mo pa ako.."** mayabang na sabi ko at saka sinuot ang helmet ko.. **"Salamat ho.. Salamat.."** sabi ko at saka in-start ang motor at bumusina rin bago umalis. Ramdam ko namang sumunod sakin si Naih.

Ilang minuto pa ay nasa bahay na kami..

Mabilis na hinubad ni Naih ang jacket at helmet nya at saka ipinatong sa study table na nasa sala at pabagsak na naupo sa sofa.

"Ang aga mo naman yatang magyaya??" sarkastikong tanong nya. Bakas pa rin ang galit sa mukha nya.

Kinuha ko ang yosi ko at saka nagsindi ng isa at ibinato ang kaha at lighter sa side nya.

"Inaantok ako.." maikling sagot ko.

"Inaantok?? Sigurado ka??"

"Bakit? May iba ka pa bang naiisip na dahilan?" tanong ko na humithit pa ng isa at iniiwas ang paningin sa kanya.

"Yung pagdating ni Dein.. at yung *'diin'* sa pananalita nya.."

Gulat akong napatingin kay Naih..

Napansin nya rin yon!?

Kung ganon.. may diin ngang talaga ang sinabi nya at hindi ako paranoid..

"Wala sakin yon.." pormal na sagot ko.

"Sigurado ka??"

"Mmm.."

"Psh.." singhal nya at saka pasiring na inalis ang tingin nya sakin at padabog na nagsindi ng sigarilyo.

"May atraso ba ko sayo?" inis na tanong ko. **"Kanina ka pa ah?"**

Ramdam kong salubong ang kilay ko habang nakatingin sa kanya kaya naman natigilan rin sya at nagulat pa.. bago muling magsalubong ang kilay nya at inis na tumingin sakin..

"Oo.. naiinis na naman ako sayo!" sigaw nya at saka humithit buga! **"Hindi kita maintindihan.. wala akong maintindihan sa lahat ng mga pinaggagagawa mo!!!"**

Hindi ko sya sinagot..

Iniiwas ko ang paningin ko sa kanya at saka nagtuloy sa bisyo..

"Kagabi.. hindi naman ako bulag para hindi makitang '*nagtititigan'* kayo ni Randall habang kumakanta sya! Alam mo?? Naawa ako kay Randall kasi naintindihan ko na sya kung bakit nya ginawa yun sayo noon.. pero ngayon?? Bumabalik yung dating inis ko sa kanya! Bakit??? Kasi Max.. kahit na sabihin nating.. ginawa lang nyang panakip-butas si Dein o minahal nya na rin.. jusko naman.. harap harapan??? Harap harapan syang nakikipagtitigan sa *'ex'* nya at halos walang pakialam kahit nakikita sya ng girlfriend nya?! My God! Ilagay mo kaya kay Dein yung sitwasyon mo?? Badtrip yon! Aware ka ba?! Ha?! Psh! Goodness!"

"Kaya nga ako umiwas di ba?" mahinang tanong ko.

"Umiwas????? Kelan ka umiwas, aberr????"

"Nung umuwi tayo.."

"Umiwas ka na ng lagay na yun?? Iwas ng matatawag yon?! Wow ah? Talagang tinapos mo pa muna yung kanta bago ka umiwas?! Wooow lang.. You're so amazing, you're so fine!!!!"

"Kabastusan naman kung aalis ako habang kumakanta sya---"

"Pero mas tama yun, para maipakita mo man lang sa kanilang wala ka ng pakialam!" sigaw nya at natigilan ako. **"Kasi alam mo Max?? Kahit ganong demonyita yon si Dein---nakakaawa sya! Yung boyfriend nyang kinababaliwan nya nakikipagtitigan ng harap harapan sa ex nya! Jusko, Max! Ang lagay e parang si Dein pa ang *'nakikinood'* sa moment nyo ni Randall!"** sigaw nya pa at hindi na naman ako nakasagot sa kanya. **"At ano pang sabi nya sa kanta nya?? He likes her but he loves you!? What the fvck?!"**

Inis akong tinignan sya.

"Ano!?" tanong ko.

"Bakit?! Hindi ba't ganon yung lyrics non!? Alam ko ang kantang yun dahil naririnig ko rin yon sa radyo! Twing umuga pinapatugtog yon! Alam mo na kung anong dating nun ha??? Na gusto nya si Dein pero ikaw ang mahal nya! That's unfair!"

"Then should I make it fair??" inis na tanong ko.

"Yes!" sigaw nya!

"How?" malumanay na tanong ko at natigilan sya! **"Tell me how.. and I'll do it.."**

Hindi sya nakasagot..

"Akala mo kasi madali e.. nagagalit ka sakin kasi akala mo naglalaro lang ako.. Naih, kahit ilang beses akong magpaliwanag sayo.. hindi mo maiintindihan kasi hindi ikaw yung nasa sitwasyon ko.." mabilis na usal ko at natigilan na sya ng tuluyan. **"Gusto mong malaman ang totoo?? Oo naguguluhan na ako.. hindi ko na maintindihan ang nararamdaman ko.. Yung nararamdaman ko kay Randall---alanganin na.. At kung bibitiwan ko si Deib ngayon.. pano ko malalaman kung ano sya sakin??"**

"Ha! E pano mo makikita yung halaga nya kung ganyang buntot sya ng buntot sayo?! Malalaman mo lang ang halaga ng isang tao kapag wala na yun sa tabi mo!"

"So iiwasan ko sya??"

"H-Hindi naman sa ganon---"

"Kita mo na?? Walang lusot di ba?? Tss.." singhal ko at iniiwas ang paningin sa kanya.

"Tsk.. bakit ba kasi hindi pwedeng isa na lang!?"

"Dinadalawa ko ba?!"

"Bakit?? Hindi ba?!"

"Tss.. Naih.. Ano bang sinasabi mo?! May ginagawa ba ako kay Randall!?"

"Wala nga ba?!"

"Para sakin.. wala.. Ewan ko kung san mo nakukuha yang mga iniisip mo.."

"Nakikipagkita ka pa rin sa kanya.. at kailan lang ay sinabi mong sa *'sya pa rin'*!!! Tapos ngayon.. nagbago!? Anong nangyari bigla?! Ikaw ang magulo! Hindi ako!"

"Kami na ni Deib.."

Hindi ako nakatingin sa kanya pero alam kong nagulat sya..

Kita ko sa gilid ng mga mata kong nakatingin sya sakin at hindi sya agad nakapagsalita..

"A-Ano??" malumanay na tanong nya at bakas sa tono nyang hindi sya makapaniwala.

"Kami na ni Deib.." ulit ko.

"P-Pano!?" inis na tanong nya.

"Kanina.. nakipagdeal ako sa kanya.."

"A-Anong deal?!"

"Na kapag nanalo ako sa game na yun lalayuan nya na ako.."

"Ano?!" gulat na naman tanong nya.

"B-Bakit mo sinabi yon!?" gulat na dagdag tanong nya pa.

"Nagalit sya sakin kahapon pa.. hindi na maganda ang pakikipag-usap nya sakin simula pa nung umaga.. Nabadtrip rin ako hanggang sa nangyari kagabi.. Ginawa ko yun para kausapin nya ko.."

"A-Ano?!" gulat pa ring tanong nya.

"Tss.. tulad mo.. nagagalit rin sya ng hindi ko malaman ang dahilan.." sabi ko na humithit pa. **"Ayaw na ayaw ko sa lahat ay yung biglang magagalit sakin ng hindi man lang pinapakinggan ang paliwanag ko.."**

"E bakit hindi ka nagpaliwanag kahit galit! Engot ka rin e.."

"Alam mo namang hindi ko ugaling magpaliwanag kapag naunahan na ako ng galit.."

"Alangang magpaliwanag ka ng hindi naman sya galit di ba?!" sarkastikong tanong nya.

"Tss.. ang ibig kong sabihin.. yun bang kahit galit sya, kakausapin nya pa rin ako ng maayos para mapakinggan yung paliwanag ko.. Hindi yung kuda ng kuda na akala mo napakalaki ng kasalanang nagawa ko.. parang ikaw.."

"A-Ano!? Hoy! Nagiging masama na talaga ang ugali mo ah!"

"Dati ng masama ang ugali ko.. Tss.."

"Pero teka! Wag mo ngang ibahin ang usapan! K-Kayo na ni Deib!? Pano nangyari yon?! Kung ang kundisyon mo ay layuan ka na nya kapag natalo sya.. b-bakit ganyan ang naging resulta?!"

"Dahil yun ang deal nya.."

"A-Ano?!"

"Kapag nanalo ako.. lalayo sya sakin.. Kapag nanalo sya.. g-girlfriend nya na ako.. yan ang deal namin.."

"A-Ano?!"

Hindi ko na sya sinagot!

"B-Baliw ka na ba talaga?!" tanong nya.

"Kung baliw ako wala ka na ngayon sa harap ko.."

"Ano ka ba naman, Maxpein!!!!" sigaw nya na napatayo pa!

Hindi ako nakasagot at nagsindi pa ng isang sigarilyo.

"A-Akala ko ba si Randall pa rin?! Ha?! Akala ko ba wala kang nararamdaman kay Deib?! King ina naman ang gulo gulo nyang utak

mo e! Nag-iisip ka pa ba?! Masasaktan mo si Deib dyan sa ginagawa mo!" inis na sigaw nya sakin!

Huminga ako ng malalim at hindi man lang ako tumingin sa kanya kaya naman mas nainis sya.

"Ikaw ang nagsabing ayaw mong saktan si Deib----eh ano 'tong ginagawa mo?! Si Randall ang mahal mo pero pumayag ka pa ring makipagrelasyon kay Deib!? At talagang nagpadaan ka pa sa pusta ha?! Ang galing mo rin e, ano?! Anggaling galing mo! Ang tali-talino mo! Mas masasaktan mo si Deib kapag nagkataong malaman nyang pumayag kang makipagrelasyon sa kanya kahit si Randall naman talaga ang mahal mo! At kapag nalaman ng lahat yang ginagawa mo----taga mo sa bato Maxpein hindi lang ako ang magagalit sayo!!!! Hinahighblood ako sayo!"

"Pwede bang kumalma ka?" inis na tanong ko. **"Maupo ka nga.."** sabi ko na sinensyasan pa sya.

"Jusko ka.. ikaw pa ba talaga yung kaibigan ko ha?! Parang hindi na ikaw yung Maxpein na nakilala ko e! Hindi na kita kilala! Noon nababasa ko lahat ng kilos at galaw mo pero ngayon jusko malabo ka pa sa blurred!!!!!!!"

"Ang OA mo.." sabi ko pa.

"Hindi ako OA!!! Hindi lang talaga ako sing manhid mo!!! Ito lang ang patunay na sensitibo ako sa nararamdaman ng mga tao sa paligid ko!"

"Oh e ano bang gusto mong sabihin?" tanong ko at kumuyumos naman sa inis ang mukha nya!

"A-Ano ka ba naman, Maxpein!"

"Tsk.. makipag-usap ka kasi sakin ng hindi sumisigaw!" inis na sigaw ko rin sa kanya! **"Daig mo pa Coach sa natalong laro kung makasigaw ka e.."**

"E pano kasi.. nakakainis ka! Nakakabadtrip ka! Ang wirdo mo na nga mas nagpapakawirdo ka pa!"

"Shut up.."

"Ano ka ba, Max...???" malumanay ng tanong nya. **"Sana hindi ka pumayag sa sinabi ni Deib di ba?! Alam mo.. pwedeng pwede kang tumanggi sa gusto nya! Pwede kang hindi pumayag sa idineal nya sayo! Pwede kang umatras at sabihing hindi patas para sayo ang deal nya at gusto mo lang ay deal mo! Anong klaseng deal yan!?"**

"Bakit naman hindi ako papayag?" tanong ko at natigilan sya.

"W-What!?"

"Bakit naman kako hindi ako papayag sa deal na yon?"

"B-Bakit??"

"Anong bakit?!" inis na tanong ko at muling iniiwas ang paningin ko sa kanya!

"W-Wag mo sabihin saking.. g-gusto mo rin yung deal nyong dalawa?!?"

"Tss.. malamang.. Tingin mo matutuloy pa yung laro kung hindi ko gusto yun.. Mas matalino ka pala e.." sarkastikong sagot ko at natigilan sya..

Napatingin pa ako sa kanya pero naiwan syang nakanganga habang nakatingin sakin..

Inis naman akong iniwasan ang mga tinging yon at tumingin sa iba..

"O-Oh my God..." mahinang bulong nya pa.

OA talaga..

"D-Don't tell me.." mahinang tanong nya pa at tumingin ako ng masama sa kanya! **"W-Wag mo sabihin saking.. m-may gusto ka na rin kay Deib!?"**

"Pero hindi sing tindi ng iniisip mo..." sagot ko.

"W-What?!"

"A-Ang hirap mong kausap.. alam mo ba yon!?" inis na tanong ko!

"E pano---ang tipid mong sumagot! Puro ka pahaging hindi mo pa iderederetso! Parang hirap na hirap ka laging sumagot ng mahaba! So ano!? M-May gusto ka na talaga sa kanya?!" gulat pa ring tanong nya.

"Oo.. pero hindi nga lang sing lala ng iniisip mo.."

"A-Anong iniisip ko?!" inis na tanong nya. **"E ang iniisip ko nga ay si Randall ang mahal mo dahil yun ang sinabi mo sakin nung nakaraan!!!"**

"Nagbabago ang nararamdaman Naih.." malumanay na sagot ko at natigilan naman sya at mas napatitig pa sakin.

"O-Oh my God.." bulong na naman nya. **"Oh my God.."**

OA OA talaga amp!

"P-Pano na si Randall?!"

"Tss.. hindi ko maintindihan kung kay Randall ka ba o kay Sensui e.. tsk!"

"S-Syempre.. Sensui ako! Pero.. sinabi mo nga kasi sakin na si Randall pa rin ang mahal mo---"

"Dahil nagbabago nga ang nararamdaman, Zarnaih! Kahit ikaw ngayon---matino ka at nagagalit! Subukan kitang sapakin!? Hindi ba't ang galit mo e mapapalitan ng sakit?! Engot ka rin e.. Tsk.. Hindi ba't sinabi ko rin sayong hindi na tulad noon ang nararamdaman ko kay Randall ngayon?? At saka k-kagabi ko lang rin naisip yung nararamdaman ko kay Sensui.. Hindi ko maintindihan kung bakit sya nagagalit sakin.. may mga nagawa man siguro ako pero hindi inaashang tatagal ng ganon yung pagiging emo nun.. Tss.."

"S-So Gusto mo na nga sya?!"

"Hindi man sya sing tindi ng tulad kay Randall.. pero hindi ko na maitangging meron na nga.."

"P-Pano mo nalaman??"

"Hindi ko sya kayang saktan.."

"A-Ano?!"

Napailing ako at saka napabuntong-hininga.

"Hindi naman ako tanga para hindi maisip lahat ng sinabi mo sakin noon.. naisip ko ring kung ayaw ko talaga syang saktan e pahintuin ko na lang sya.. Pero sa twing maiisip kong magbabago yung pakikitungo nya sakin.. kusang tumatanggi sa plano ko yung isip ko.. At yung kahapon lang na halos hindi nya ako kausapin.. Tss.. hindi nako mapakali kaiisip---"

"Oh my Gooooooddd!!!!!"

Nakangiti syang napahawak sa dalawang pisngi nya na animong kinikilig..

"Uulitin ko.. hindi yon sing tindi ng inisiip mo.." dagdag ko.

"Pero the fact na unti-unti ng nagbabago ang nararamdaman mo.. nagtitiwala akong magbabago pa yan at lalala ang nararamdaman mo bwahahahahahaha bakit hindi mo man lang sinabi!"

"E inuuna mo kasi yang galit mo.. hindi ka makipag-usap ng malumanay muna sakin.."

"Psh! E sino naman kasing matutuwa sa mga drama mo sa buhay di ba?!"

"Tss.. kasi nga nalilito rin ako.. Twing mag-iisip ako.. ginugulo mo lalo ang isip ko.."

"A-Ano?! Ako pa talaga ang gumugulo sa isip mo ha?!"

"Oo.. kasi sinasabi mo sakin kung anong dapat kong gawin.. Ayokong inuutusan ako at pinapangunahan ang nararamdaman ko.."

"Psh! Dami mong arte! Ang gulo mo pa rin e! Pano nangyari yon!? Ibig sabihin?? Gusto mo na rin talaga sya?!"

"Siguro.."

"Anong siguro?!" sigaw na naman nya!

Napaingay! Kelan ba ako magkakaron ng katahimikan sa buhay!

Pilit kong pinakalma ang sarili ko dahil nagsisimula ng uminit ang ulo sa sobrang ingay nya..

Sumandal ako sa sofa at inihiga ang ulo ko..

Bumuntong-hininga at saka muling nagsalita..

"Maiisip ko pa lang na masasaktan ko sya sa gagawin ko.. p-parang nasasaktan na rin ako.." malumanay na sagot ko.

"Oh my God.."

"As in?!" parang hindi pa makapaniwalang sagot nya.

"Tss.. anong as in?!"

"As in.. h-hindi mo maatim na saktan sya?"

"Oo.."

"B-Bakit?"

"Tsk.. anong bakit?!"

"Bakit hindi mo sya kayang saktan---ano ba!"

"Kasi nga may gusto na rin ako sa kanya!" sigaw ko sa kanya na iniangat pa ang ulo ko at tumingin sa kanya! **"Ano?! Okay na?! Alam mo na?! Gets mo na?! Tss! Ang hina mo!"**

"Waaaaaaaaaaaa!!!! Maaaaaxxx!!! Jusssskoooo sa wakaaasss!!!!!"

"H-Hindi sabi yun sing lala ng inisiip mo---"

"Wag ka ng hambog!" sigaw nya! **"Kung ganyang nagkagusto ka na sa kanya.. alam ko at sigurado akong magtutuloy tuloy na yan, Max! I'm so happy for you! Finally.. jusko.. finally narealize mo na rin na si Deib talaga ang nararapat sayo.."**

"Tss.. bakit mo naman nasabi?" tanong ko na muling inihiga ang ulo ko.

"Dahil may gusto ka na sa kanya at dahil sa mga ginagawa sayo ni Deib.. imposibleng hindi lumala yan!"

Hindi ako nakasagot..

Sana nga magtuloy tuloy na.. Pero ayaw kong madaliin.. alam ko rin namang kung talagang sya ang para sakin.. magkukusa yon..

"Sana wag mo ng pigilan ang nararamdaman mo Max.." dagdag nya pa.

"Nagkukusa na nga e.. wag mo ng kontrahin.. baka mausog.." biro ko.

"Nyahahahahahaha.. grabe.." napapabuntong-hininga munit masaya talagang usal nya pa. **"Hindi ko inaasahang sasabihin mo ngayon 'to hahaha! Alam mo bang gusto ko ng magtayo ng sarili kong kulto at titipunin ko silang lahat para sabay sabay kaming isumpa ka at yang kahambugan mo!?"**

"Tss.."

"Kung ganon.. kayo na ni Deib ngayon.. hindi man sing lala ng naiisip ko ang nararamdaman mo, at least meron.. at malaki ang posibilidad na mainlove ka na rin kay Deib kasi jusko naman.. mas tanga ka pa sa tanga kapag hindi mo nakita ang kagwapuhan nya di ba?! Nuknukan pa ng sweet! Jusko kung alam mo lang kung gano ka kaswerte Max... andami daming nag-aasam na mapansin man lang sila ni Deib! Susme! Twing maglalaro ang lolo mo ng basketball.. konting kampay lang ng kamay nya nagtitilian na ang mga babae! What more kapag tulad mong niligawan pa nya?! Juskoooooo!!! Malaking tulong talaga ang Palawan, ano??? Hahahahhaha! Bakit kaya hindi natin hatiran ng pagkain yung Lolo mo?? Si Chairman Moon ba?? Hahahaha.. magluluto ako.. ano bang paborito nya---"

"Manahimik ka nga.."

"Ano ka ba!? Kasi kung hindi dahil sa kanya---hindi ka madedevelop kay Deib!"

"Wag kang OA.."

"Hahahahahahahahaha ulul! Masaya lang talaga ako para sayo! Kasi naman friend.. Si Randall.. may Dein na.. kapag pinagpilitan mo yung nararamdaman mo kay Randall.. kapag hindi ka nya sinalo.. napahiya ka na, nganga ka pa! E kung kay Deib ka??? Nag-iisa ka! Ikaw na ang pinakamayabang.. ikaw pa ang girlfriend!"

"Andami mong alam.. no??" inis na tanong ko pa sa kanya.

"Oo naman! Gusto ko na nga ulit harapin si Chupan para naman madagdagan yung nalalaman ko bwahahahahahaha.."

Inabot ko mula sa side table yung bote ng Stick-O at kumain non..

"Oh e ano ng plano mo?" tanong nya na naman.

"Plano san?"

"Sa inyo ni Deib! Kasi di ba?? Kayo na.. syempre ngayon.. sweet na kayo---"

"HIndi ko balak ipaalam..."

"Ano?!" gulat na tanong nya.

"Ayaw kong ipagsabi kung ano kami.."

"Bakit naman?!"

"Bakit naman hindi?"

"Ano ka ba?! At least kapag nalaman nilang kayo na.. hindi na sila maglalalapit pa kay Deib!"

"Sino?"

"Anong sino?! E sino pa ba?! Edi yung mga mahaharot sa BIS! Yung mga may gusto sa kanya! Alam mo namang maraming may gusto don! Kaya naman kapag nalaman nilang taken na si Deib edi lalayo na sila!"

"Hayaan mo silang lumapit.."

"What?! Ang weird mo talaga!"

"Hindi naman magiging sila kung lalapitan sya nung mga yun.."

"Ang sabihin mo.. wala ka lang talagang pakialam!"

"Alam mo naman pala e.."

"Ang gulo mo na naman e.."

"Ano bang magulo!?" inis na tanong ko.

"Gusto mo sya pero wala kang pakialam sa kanya!"

"May sinabi ba akong ganon!?"

"Wala!"

"Wala naman pala e.." inis na sagot ko.

"King ina! Ulul ka! Pakyu ang gulo mo!" sigaw nya.

"Wala akong sinabing wala akong pakialam sa kanya.. wala akong pakialam sa mga may gusto sa kanya! Wala akong sinabing sa kanya! Bugarets!"

"E pano kasi hindi mo nililinaw!"

"Ikaw ang hindi nag-aanalyze!"

"Uma-analyze ka pa ah!? E kung ipalunok ko sayo ng buo yang Stick-O mo!? Nagmamaganda ka masyado e no!? Hoy.. mas maganda pa rin ako sayo!"

"Tss... mas maganda ka nga.. di ka naman mapormahan ng super crush mo.." natatawang pang-asar ko sa kanya.

"A-Ano!?"

"Tss.. bakit?? Hindi ba!? Ang ganda mo nga pero walang saysay ang ganda mo dahil hindi ka naman nililigawan ng crush mo.."

"Ang yabang mo!"

"In born e.."

"Leche!"

At nag-asaran pa kaming dalawa..

Maya maya lang rin ay umakyat na ako sa kwarto ko at nagpahinga..

Gusto ko ng balde balde'ng tulog..

DEIB'S POV

Tingin sa kaliwa!

Napakagwapo..

Tingin sa kanan!

Sobrang gwapo..

Tingin sa harap!

Dingdong Dantes! Wooohh!!!!!

Tuwang tuwa akong titigan ang sarili ko sa salamin ng bathroom ko..

Pakiramdam ko ako ang pinakagwapong lalaki sa buong mundo..

Sinagot na ako ng babae'ng gusto ko.. Nyahahahahahahah! Tsk! Taguro.. Taguro.. Taguro.. Nung una wala akong magustohan sayo.. pero ngayon.. lahat ng tungkol sayo nagugustohan ko.. Pangit man yan o maganda..

Muli kong inalala yung itsura nya kanina..

Ang cute cute nya.. hahahahahahahaha!!!

Namumula ang mga pisngi nya matapos naming maglaro..

Kahit malayo naamoy ko ang pabango nya..

Lacoste.. Lacoste nga pala ang pabango nya..

At pang lalaki pa!

Bakit ba ganon sya!? Walang taste!

Pero dahil sinagot mo na ako.. may taste ka na hehehehehe..

"Pero gusto kong maamoy sya.. na nakapang babae'ng perfume.."

Tsk.. bakit ba kasi ganon ang personality non?!

Napailing na lang ako nung maalala ko ang lahat ng mga pinaggagawa namin kanina..

Hanggang sa..

"Ano kaya kung regaluhan ko sya ng perfume?? Hehehehehehe.. yung pangbabae!"

Natuwa ako sa sariling naisip ko kaya naman dali daling naligo ako at nung matapos ay nagpaalam..

"Mom.. punta ako ng Mall..." paalam ko kay Mommy.

"Oh? Biglaan naman yata?" takang tanong nya.

"Mmm.. may naisip kasi akong bilhin.." nakangiting sagot ko.

"Yiiieee para kay Maxi yan ano??"

"Yes, Mom.."

"Yiiiieee.. teka.. sitdown first.."

Sapilitang iniupo nya ako sa sofa at saka nya hinawakan ang dalawang kamay ko.

"Tell me first.. anong bibilihin mo??" ngiting ngiting tanong pa ni Mommy!

Amp! Kapag sinabi ko sa kanya.. magtatanong pa yan kung bakit perfume ang bibilihin ko! Nakakahiya namang ikwento'ng amoy lalaki kasi yung girlfriend ko kaya ko bibilhan ng perfume for her!

Ang sarap sabihing.. girlfriend ko..

Hindi ko naiwasang mapangiti..

"Omo.. you're smiling..."

Nakaramdam ako ng pagkapahiya sa iniasta kong yun!

"You're in love.." dagdag pa ni Mommy.

"I think I am.. Mom.. hehehehehe.."

"Nakikita ko naman.. kay Maxi ba yan?"

"Hehehehe.. wala naman ng iba bukod sa kanya Mommy.."

"Yiiiieee.. so ano ngang bibilihin mo para sa kanya??"

"P-Perfume sana Mom.."

"Perfume?? Mmm.. bakit mo naman naisip yon?"

'Yan na nga ba sinasabi ko e.. magtatanong at magtatanong 'to si Mom..'

"P-Perfume??" patanong na sagot ko.

At saka ako nakaramdam ng mas matinding hiya nung matiglan si Mommy!!!!!!

Andwae!! Hindi ba magandang idea yon!?

"A perfume?" tanong pa ni Mom.

"Y-Yes.." nahihiyang sagot ko.

"Bakit naman perfume ang naisip mong iregalo baby?"

Sasabihin ko ba ang totoo???

Oo.. wala naman akong mapapala kung magsisinungaling ako.. Tsk! Bahala na..

"K-Kasi.. h-hindi ko gusto yung perfume nya..."

"Ha?! Why???"

"B-Because its for men!"

"W-What??" gulat na tanong pa ni Mom!

"Yes, Mom.. she's using Lacoste! I think its the Lacost Pour Homme.. Tch! Twing kasama ko sya mas mabango pa sya sakin! Okay lang sana sakin pero k-kasi Mom.. a-amoy lalaki sya!"

"Hihihihihihihihihihiihihihihi!!!" malakas na bungisngis ni Mommy!

"W-What's funny, Mom??" tanong ko!

"Ang weird weird ni Maxi, ano?? Hihihihihi! Bakit naman panglalaki ang perfume na gamit nya??"

"H-Hindi ko po alam.. k-kaya nga gusto ko sana syang regaluhan e.."

"E bakit nga pala naisip mo namang perfume agad??" mapanukso ang tinging tanong nya pa. **"If you'll ask me kung anong ireregalo ko sa nililigawan ko.. flowers and chocolates are enough.. perfume is too much.."**

Hindi ako nakasagot at nakaramdam ako ng hiya!

"Unless.. you're in a relationship already.."

KINABAHAN AKO SA TANONG NYA!

Napaisip ako!!!!

Kanina nung nandito pa sila Taguro..

Kaya hindi ko masabi agad kung ano ba talaga kami ni Taguro.. dahil nag-aalala akong baka ayaw nya pang ipasabi kaya naman hindi ko sya magawang pangunahan..

Hindi ko sya kinakahiya.. Hindi ganon yon..

Gusto ko ring ipaalam sa kanila..

Pero sa ngayon.. ang mahala sakin ay yung malaman muna kung gusto nya ba o hindi na ipaalam sa lahat.. gusto kong irespeto ang desisyon nya bago ko sundin ang desisyon ko..

Pero si Mommy naman na 'to.. mas gusto kong magsabi sa kanya ng totoo kaysa maglihim.. Besides.. kapag sinabi ko namang wag nyang sabihin.. sumusunod sya..

Bumuntong-hininga ako at nag-ipon ng lakas.. bago nakapagsalita..

"M-Mom.." mahinang usal ko.

"Yes, baby??" nakangiti na agad na tanong nya.

"S-She's my girlfriend already----"

**"Kkkkkyyyyyyyyyaaa

!!!!!!!!!"

Napailag pa ako sa tining ng sigaw ni Mommy na yon!

"M-Mom.." sabi ko na sumenyas na wag sya maingay. **"P-Please be quiet.. h-hindi pa sya ready na ipaalam sa lahat.."**

"H-Ha?? Bakit naman??"

"Honestly.. h-hindi ko alam kung gusto nya bang ipaalam na namin o hindi... K-Kanina nya lang ako sinagot Momm----"

"Waaaaaaaaaaaaaaaaa!!!! Why didn't you tell me!"

"K-Kasi nga po.. h-hindi ko alam kung gusto nya ng sabihin agad.."

"Kyaaaaa!!! I'm so happy for you babyyyyy!!!! P-Pano nya sinabi? Pano ka nya sinagot? Anong tinanong mo sa kanya para sagotin ka nya? Waaaaa! Baby! Kinikilig ako sa inyoooo! Ang gwapo gwapo mo pa naman kanina!!!!"

"T-Talaga Mom??"

"Yes! Yung bumaba ka ng stairs kanina? Ang gwapo gwapo mo! Tapos nakajersey ka pa yiiieeee!! Bagay na bagay talaga kayo ni Maxiii.... yiieeee hihihihihihi.."

NAPANGITI AKO NG MATINDI SA SINABI NI MOMMY!

"Talaga po Mom?"

"Promise.. baby.. Ang gwapo mo kanina.. so pano nya nga sinabi? Pano ka nya sinagot?!"

Yari na.. eto na.. Pano ko sasabihing naging kami dahil sa basket!? Dahil may deal kami!?

Napatingin ako kay Mommy at bakas ang excitement sa mukha nya kaya naman natigilan ako lalo..

Siguro ito na lang muna ang hindi ko sasabihin sa kanya.. Baka iba ang isipin nya..

"I a-asked her kung p-pwede ko ba syang maging girlfriend.." pilit ang ngiting sabi ko. **"T-Then she said y-yes.."** pagsisinungaling ko. Sa una ay parang hindi sya naniwala pero nung napaisip sya ay nangiti na rin..

I'm so sorry, Mom..

"Kyaaaaaaa!!! Kinikilig akooooo!!!!"

"H-Hehehehehehe.."

Ilang beses nya pang pinisil pisil ang pisngi ko at tuwang tuwang tumitig sakin..

Ramdam kong masaya si Mommy at gusto nya si Taguro para sakin kaya naman hindi ko na rin napigilang maging masaya..

"But wait.. perfume ang ireregalo mo kay Maxi? Alam mo ba kung anong scent ang gusto nya? Anong brand ng perfume ang magugustohan nya?? Kung Lacoste for Men ang gamit nya.. hindi kaya mas feel nya talaga ang perfumes for men??"

"Bibilan ko lang naman sya Mommy.. nasa sa kanya na yon if she's going to use it or not.. Knowing her.. hindi nya naman siguro ugaling mambato pabalik nung regalo sa kanya hehehehehe.."

"Pero kasi baby,, Giving a perfume as a gift to someone you like can both be a very good and a very bad idea.. If you're not buying it with a purpose to just give any kind of gift, you really need to know the person you're buying it for.."

"W-Why is that, Mom??"

"Of course.. kasi perfume yon.. para saan ba ang perfume?? Para *'bumango'* tayo.. E baka naman isipin ni Maxi ay *'nababahuan'* ka sa kanya---"

"H-Hindi po!"

"I know.. That's I'm telling you that it can be both good or bad idea.."

"H-Hindi naman po sya mabaho.. p-parati nga syang umaalingasaw sa bango kapag kasama ko sya---"

"Oo nga.. pero kasi baby may mga ganong tao.. Namimisinterpret nila yung binibigay mo.."

"W-What should I do then, Mom??" nag-aalalang tanong ko.

"Okay lang naman kung perfume ang ibigay mo, as long as you're sure that she'll like it.."

Bakit ba hindi ko naisip yon!?

Pano ko malalaman kung magugustohan nya ba ang perfume na bibilin ko o hindi?? Hindi na surprise yun kapag tinanong ko sya!

Ang hirap naman.. Tsk!

"Well, when it comes to girls, we all like perfumes! As in seriously! We can't live without our perfumes! It's part of our soul hihihihi..." nakangiting usal nya pa at nakinig naman akong mabuti. **"We also like getting them as gifts.. A good quality perfume is always a great gift.. Pero.. mas maganda kung alam mo kung anong klase ng perfume ang gusto nya or magugustohan nya?? That's very important baby.."**

Hindi ko alam!

"Y-Yung Lacoste lang ang parati kong naaamoy sa kanya Mom.. a-at hindi po nagbabago yon.." napangiti pa ako ng bahagya. **"H-Halos nasaulo ko na nga ang amoy nya hahahahahaha! Parati kasi syang mabango.."**

"Yiiiieeeee...." panunukso nya pa at saka nalungkot ng bahagya. **"Sad to say pero.. mas maganda talaga kung ang ibibigay mo ay yung gusto nya.. kasi walan sabi sabing tatanggapin nya yon at for sure matutuwa sya.. Or yung perfume na magugustohan nya.. meaning, kahit hindi nya pa nagagamit or naaamoy ang perfume na yun, at least matutuwa pa rin sya once mareceive nya yon kasi nagustohan nya.. di ba?? Or kahit alam nya na ang scent non pero in the end magugustohan nya pa rin.. yun ganon ba?? That's very important baby.. Kasi its senseless kung magbibigay ka ng perfume na hindi mo naman alam kung magugustohan nya or not.."**

Bakit naman ganon!? Tsk! Badtrip!

Nakaramdam ako ng bahagyang panghihinayang..

At saka ako napabuntong-hininga sa sinabi ni Mommy..

Kung ako kasi ang bibigyan nya ng perfume o kahit na ano.. matutuwa ako.. Kahit anong bagay pa yon.. matutuwa ako, sigurado!

Pakiramdam ko ay bumagsak ang mga balikat ko..

"But don't worry baby.... I know for sure that she'll like whatever scent----"

"No Mom.." pigil ko sa kanya at taka naman syang tumingin sakin. **"H-Hindi ko alam kung anong gusto nya.."** malungkot na sabi ko.

"E-Eh.. we d-don't know.. b-baka magustohan nya pa rin yung ibibigay mo, di ba??" pampalakas loob na sagot nya. **"A-Alam mo kasi.. kaming mga babae.. simpleng bagay lang natutuwa na kami----"**

"H-Hindi sya tulad ng mga common na babae, Mommy.. I'm not saying that you're common.. she's just really.. d-different.." malungkot na sagot ko.

Pero ewan ko ba kung bakit ang kaninang nagpapalakas ng loob na itsura ni Mommy ay napalitan ng nanunuksong tingin!

"Ayiiiieee!!!! Of course she's different from us! Kasi.. kung tulad sya namin, for sure hindi mo sya magugustohan hihihihihi.. I'm really happy for you, baby.. Not only because I can see that you're happy.. I'm happy for you kasi.. nakikita kong magiging maganda ang love story nyo ni Maxi.."

"T-Talaga Mom?"

"Yes.."

"Hahahahahhahahaha!!!!!" malakas na tawa ko at nakitawa naman sya!

"Hihihhihihihihihihihihi!!!!!"

"Alam mo Mom??"

"Mmm..???"

"Yan rin ang tingin ko.. Hhaha!!!!"

"A-Ahh.. hihihihhihihih!!!!"

Nawala bigla ang lungkot na naramdaman ko kanina!

Mabilis akong tumayo at taas-noong hinarap si Mommy na katatayo lang rin..

"Kahit hindi nya magustohan.. yung makita ko lang na tinanggap nya ayos na hahahahahaha!" nakangiting sabi ko sa kanya at nangiti naman sakin si Mommy.

"Magugustohan nya yon, baby.. Trust me.."

"I trust you, Mom.."

"Yiiiieeee... basta sundin mo yung naaamoy ng puso mo kapag pumili ka hihihihihi.."

"Hahahahaha sige, Mommy.. Mauna na muna ako.."

"Take care, baby.."

"I will, Mom.. I love you.."

"I love you moreeee, baby.."

Nginitian ko lang sya at saka ako sumakay sa kotse ko at nagdrive papunta sa Mall nila Tob..

Maya maya lang rin ay nandoon na ako at saka dumeretso sa Fragrance Shop.

"Good afternoon, Sir.." bati sakin at tinanguan ko naman sya.

"Good afternoon.." bati ko.

Nagsimula akong magtingin ng may ngiti..

Hindi ko maiwasan e!

Hahahahaha!!! Nababaliw ka na Deib..

Ayos lang.. At least matino pa rin hahahhaha!!!!!

"Ang gwapo nya.."

"Yiiiieeee super.."

"Pero.. anong ginagawa nya dito sa female section?? Dapat don sya sa male di ba?"

"Aww baka para sa girlfriend nya ang perfume na yan?"

"Aww ang sweet.."

"Huhuhuhuhu sino kayang girlfriend nya? Ang swerte nya naman.."

"Hihihi akong bahala.. lalapitan ko sya.. Sana malaman ko ang name nya.."

"Ano ka ba naman Rin, malalaman mo rin ang name nya mamaya sa counter.."

"Gusto ko ng malaman ngayon eh hahahahaha.."

Dinig na dinig ko sa likuran ko ang bulungan ng mga sales clerk pero hindi ko na sila pinansin pa..

At pinagpatuloy ko na lang ang pagtitingin sa mga perfume..

"For your girlfriend, Sir?"

Gulat akong nilingon yung clerk.

"A-Ahh.. Yes.." pormal na sagot ko. Ngumiti sya at bahagyang lumapit sa harapan ko.

"This is Clive Christian Imperial Majesty and it is the most expensive perfume.. in the world" nakangiting sagot nya na iniabot sa akin ang isang maliit na bote na parang diamond ang takip at makislap masyado. **"A Queen herself bottle, the bottle is encrusted with a five carat diamond that would make this perfume more attractive than the person wearing it.. The expensive perfume bottle also has an 18-carat gold collar around the bottle's top.."**

Aanhin ko naman ang pinakamahal?? Kung mahal ko na yung pagbibigayn ko?? Heheheheheheehehe..

Hindi ko sya pinansin at nagtingin ako ng iba..

"This one's Clive Christian No. 1.. Not as spectacular as its big sister.." turo nya don sa unang pinakita nya. "It is handmade with a 33carat diamond in the neck! Well diamonds are a girls best friend.."

Hindi magugustohan ni Taguro ang ganyan kamahal na pabango!

Ewan ko ba pero ang lakas ng kutob ko..

Hindi matutuwa si Taguro kung bibigyan ko sya ng ganon kamamahal na perfume..

Inis akong umiling sa kanya at saka nagtingin ng iba pa..

"This is Baccarats Les Larmes Sacrees de Thebe.."

At ipinakita nya naman ang isang Pyramid-shaped na bottle..

"The pyramid shaped bottle is made of Baccarat crystal.."

Inis akong hinarap sya..

"L-Look.. can you please *'stop'*?? Stop.. I want you to stop and go back there??" turo ko kung saan ko sya unang nakita kanina.. **"You're confusing me.. I know everything about these perfumes---so please.. just go back there.."**

Napapahiya namang naglakad sya papunta sa pwesto nya kanina..

Maya maya ay napansin ko ang isang simpleng bottle..

Medyo square sya na may cure sa magkabilang sides..

May floral designs pa ang bottle nito..

Napangiti ako nung makita ko yun..

Hermes' 24 Faubourg.. Hmmm...

"Excuse me?" tawag pansin ko sa isang lalaki malapit sa counter. Mukhang Manager.

"Yes Sir?" nakangiting bati nya sa akin.

"Ayyy si Sir ang tinawag nya huhuhu.."

"Oo nga, ayaw nya yata satin.."

"Baka ang gusto nya lalaki ang kakausapin nya.."

"Hmp.. ang sungit.."

"Sayang.."

"Oo nga.."

"Anggwapo pa naman nya.."

Bulungan pa ng mga clerks.

"I'll take this one.."

"Hermes' 24 Faubourg, Sir?"

"Yes.."

"This way Sir.." nakangiting yaya nya sa akin papunta sa counter.. Maya maya pa ay naglabas na sya ng stock. **"$105 dollars, Sir.. But we also accept cash in peso or credit cards.. Would you like to pay in peso, Sir?"**

"Yes, of course.." pormal na sagot ko at inabot sa kanya ang cash.

"I received P6,000 pesos, Sir.." nakangiting sagot nya at saka may kinuhang booklet. **"Kindly sign here Sir, signature over your printed name.."**

At ginawa ko ang sinabi nya..

"Deib Lohr Enrile?? It's our pleasure to have you here, Sir.." nakangiting dagdag nya pa at nginitian ko naman sya at saka nya inabot sakin ang paperbag. **"Here's your product, Sir.."**

"Thank you.."

"Thank you and you're welcome, Sir.."

Nginitian ko sya at saka tinalikuran..

"Thank you, Sir.." bati pa nung mga clerks at tinanguan ko na lang sila..

Nakangiting umuwi ako ng bahay at hindi ko na nagawang bitiwan yung perfume para kay Taguro..

Nakipagkwentuhan ako saglit kay Mommy pero after dinner ay umakyat na rin ako sa kwarto ko at magdamag na tinitigan ang paperbag non..

Paniguradong magugustohan nya 'to hehehehehehehehehe..

Maya maya pa ay kinuha ko ang cellphone ko at idinial ang number ni Taguro..

Nakailang ring pa bago nya sagotin yon!

"Hello?" sagot nya.

Bagong gising ba sya?!

Ang tono ng boses nya ay parang bagong gising pa!

Nagising ko pa ata sya.. yari na naman!

"Hello!?" inis na sagot nya na naman!

"A-Ahh hello??" sagot ko rin.

"Oh?"

Ang init na naman ng ulo!

"A-Ahh.. g-gusto ko lang tumawag.." parang napapahiyang sagot ko. **"K-Kagigising mo lang???"**

"Ginising mo ko.."

"S-Sorry---"

"Okay lang.. oh? Napatawag ka??"

Hindi ko maintindihan kung bakit nakakaramdam ako ng hiya pero..

Hindi ko maiwasang makaramdam ng tuwa!!!!

Hehehehhehehehe..

"N-Naalala lang kita.." nakangiting sagot ko habang kinukutkot ko pa yung bedsheet ko hehehe..

'Ang bading mo Deib! Hehehehehehe!'

"Naalala mo ko o namiss mo ko??"

Naiiwas ko pa ang cellphone sa tenga ko at tinignan ko kung pangalan talaga ni Taguro yung naidial ko at tama naman.. Saka ko ulit pinakinggan sya..

Ang kapal talaga ng mukha nito!

"A-Ang kapal mo.." nakasimangot na sagot ko.

"Tss.. ang ayos ayos ng tanong ko sasabihan mo ko ng ganyan.."

"J-Joke lang.." palusot ko.

"Pero namiss mo ko??" tanong nya pa!

Bumilis bigla ang tibok ng puso ko!

Bakit ba sya.. imbes na ako ang nakakapagparamdam ng ganito!? Dapat linya ko yun e! Dapat ako ang nagtatanong sa kanya non! Tsk... pero hehehehehehe.. ayos lang..

"Hmmm.. namiss nga ba kita??" kunwaring tanong ko pa. **"Hindi naman kita matagal nakasama kanina kaya.. wala naman sigurong dahilan para mamiss kita??"**

"Mmm..

"Kumain ka na??"

"Hindi pa.. kagigising ko lang e.."

"Kaumain ka na.."

"Mamaya na.."

"Bakit?!"

"Kausap pa kita e.."

Tsk tsk tsk.. hahahah!!

"Tss.." singhal nya pa kaya naman napangiti na naman ako.

Bumuntong-hininga pa ako bago uli nagsalita..

"Pwede ba kitang idate bukas??" nakangiting tanong ko.

Papayag sya??

"K-Kahit saan.." sagot ko. **"San mo ba gusto??"**

"Mmm.. hindi ako mahilig lumabas pero.. sige kahit saan mo gusto.."

"A-Ako?? Bakit ako?!" gulat na tanong ko.

"Ikaw may gustong lumabas e.. edi ikaw ang masusunod.."

Napakunot-noo ako sa taka!

"G-Gusto ko sana ikaw ang masunod.." nahihiyang sagot ko.

Hindi ko maintindihan kung bakit sa dami ng kakapalan ng mukhang ginawa ko sa kanya..

NGAYON PA AKO NAKARAMDAM NG HIYA!

Dahil ba girlfriend ko na sya??

Haaayyy hehehehehehe..

"Kung ako ang masusunod.. mas gusto kong magstay sa bahay.. Kaya ikaw na lang ang mag-isip kung saan mo gusto.. kung saan mo gusto sasama ako.. Okay lang sakin yon.." matino namang sagot nya.

Kaya naman napaisip ako!

Saan naman kaya??

"Saan mo ba gustong pumunta??" tanong nya pa.

"H-Hindi ko nga rin alam e.. w-wala akong maisip.."

"Kung okay lang sayo.. isama natin ang mga kaibigan mo at pati na rin mga kaibigan ko.. Baka mas marami silang alam kesa satin..?"

"Tch! Kaya nga date e---tayong dalawa lang dapat!"

"Masosolo naman kita kahit merong ibang kasama.."

Masosolo naman kita kahit merong ibang kasama..

Masosolo naman kita kahit merong ibang kasama..

Nagpaulit-ulit na naman sa tenga ko ang sinabi nyang yon!

"S-Sige.. hehehehehehehe.." naisagot ko. **"I-Isama na lang natin sila Lee, Tob, Parrot at Michiko.. Triple date hehehehehe.."**

"Mmm.. good idea.."

"P-Pero.. s-sosolohin mo talaga a-ako???" pigil ang ngiting tanong ko.

"Bakit naman hindi?"

"H-Hehehehehehe.." natawa na lang ako kunwari sa sobrang ngiti.

Natahimik sya kaya naman napaisip na rin ako..

Baka naaabala ko na sya..

"M-Mmm.. sige na, kumain ka na.. Magkita na lang tayo bukas.." paalam ko.

"Sige.."

"P-Pwede ba kitang sundin???"

"Sige.."

"T-Talaga?!" hindi makapaniwalang tanong ko.

"Mmm.. at ihahatid mo rin ako---"

"T-Talaga!???"

"Pwede rin namang hindi kung ayaw mo talaga---"

"G-Gusto ko! Gusto ko! Hehehehehehe.."

"Good.. I'll see you tomorrow then.."

"Y-Yeah.. I'll see you.."

"Matulog ka na.."

"Maaga pa e.."

"Ikaw bahala.."

"S-Sige.. matutulog ako after ko magbasa hehehe.."

"Sige.. Goodnight.."

"Goodnight.. Bukas ah??"

"Oo nga.."

"B-Bye.." sabi ko at ibinaba nya naman agad ang cellphone!

Inis akong tinignan ang screen nun!

Hindi man lang nagbabye.. Tch!

Masosolo naman kita kahit merong ibang kasama..

Masosolo naman kita kahit merong ibang kasama..

Hahahahahah!!!! Taguro.. Taguro.. Taguro.. Bakit kaya gusto mo akong solohin?? Hehehehehe!

Matapos non ay kinuha ko yung libro'ng hiniram ko kay Noona..

My Second Love Story..

Inumpisahan kong basahin yon at maya maya lang ay nakatulog na ako..

♥ K ♥ I ♥ N ♥ A ♥ B ♥ U ♥ K ♥ A ♥ S ♥ A ♥ N ♥

Nakangiti akong nagmulat ng mga mata at nananatiling nakahiga..

Mabilis kong kinuha ang cellphone ko.. Tinignan ko ang mga nagtext at walang nireply maski isa at dinial ang number ni Taguro..

"Hello?" sagot nya.

Napapikit ako nung marinig ko ang boses nya..

"Good morning, babe.."

"Mmm.. morning.."

Hindi man lang ako tawaging.. babe!

Pero hindi ko pa rin maiwasang matuwa..

Sya ang unang nakausap ko sa umagang 'to..

"Ang sarap sa pakiramdam na paggising ko ngayong umaga.. girlfriend na kita.." malumanay sa sabi ko pa.

"Tss.."

"Hahahaha.. seryoso ako.."

"Oh e anong gusto mong sabihin ko?"

"Tch.. hindi man lang kiligin.." inis na sabi ko. **"Sabagay.. hindi nga naman kita nakikita.. Malay ko ba kung kinikilig ka na pala---"**

"Asa.."

"Nagbreakfast ka na??" pag-iiba ko ng usapan.

"Nagluluto pa lang sila.."

"Ang aga mo yata'ng nagising??"

"Mmm.. aalis tayo e di ba?"

"Edi.. excited ka pala?? Hehehehehe.."

"Hindi naman.. gumising talaga ako ng maaga dahil nananapak ako kapag bitin ang tulog ko.."

Hambog talaga..

"Anong oras mo gustong umalis??" tanong ko.
"Ikaw bahala.."
"Gusto ko na ngang maligo ngayon e hehehehehe.. para maya maya lang kasama na kita.."
"Edi pumunta ka na dito---"
"Talaga?!"
"Mmm.."
"Hahahahahahahahaha! Sigurado ka?!"
"Mmm.. dito ka na rin kumain---"
"S-Sige!!!!" sigaw ko. **"Maliligo na ko.. bye! I love you.."**
~TOOT!!~
NAIBABA KO YUNG CELLPHONE SA SOBRANG HIYA!
Napaupo ako bigla sa kama ko!
Bakit ko ba nasabi yun!
Nakakahiya! Badtrip!
Bakit naman ako mahihiya---e girlfriend ko naman sya?!
Hindi ka dapat mahiya, Deib.. mahal mo naman sya e..
Idinial ko ang number ni Tob.
"Hello?" sagot nya.
"Aalis tayo.."
"Ha?"
"Aalis tayo!"
"Saan tayo pupunta?!"
"Kahit saan dre hehehehehehe!"
"Anong trip mo?!"
"Niyaya kong magdate si Taguro hehehehehe!"
"Oh e bakit kasama ako?! Hahahahaha!"
"Gago! Isama mo si Michiko syempre.. tawagan mo na rin si Lee, kasi kasama si Parrot!"
"Woooow gusto ko yan! Sige sige.."
"Tawagan mo si Lee ah!?"
"Sige!"
"Bye!"
At mabilis akong naligo..
Matapos kong maligo ay nagpaalam na ako..
"Mom.. a-aalis kami ni Maxpein.." paalam ko.
"Omo! San ang punta nyo??" excited na tanong nya.

"Date.." nakangiting sagot ko at napatingin naman sakin sila Noona, Daddy at Manang.

"Gooooo!!!!" sagot ni Mommy at nginitian naman ako nila Manang at Daddy!

"Enjoy, son.."

"Thanks Dad.."

Nagpaalam pa uli ako sa kanila at saka umalis at pumunta kila Taguro..

Pagdating ko sa bahay nila ay inayos ko muna ang sarili ko sa salamin bago ako tuluyang bumaba ng kotse ko.. Nakangiting tinignan ko muna yung paperbag nung perfume ni Taguro bago tuluyang tumayo sa labas ng gate nila..

"M-Maxpein?" sigaw ko.

Si Yaz ang lumabas!

"Oh my God, you're here?!" si Yaz.

"F-For Maxpein.."

"Seesh.. pasok.." walang ganang yaya nya at pumasok ako..

Nginitian ko naman sya..

"N-Nasan si Maxpein??"

"Kumakain.. tuloy ka.." sabi nya at saka pinatuloy ako..

Kumakain sila at nakataas pa ang isang paa ni Taguro sa kinauupuan nya!

"Oh.. ang aga natin Sensui ah!?" si Parrot.

"G-Good morning.." bati ko sa kanya.

"Anggwapo natin ah!? Tuloy ka.. kain.."

"A-Ahh s-sige.." nahihiyang sagot ko at saka naman ako napatingin kay Taguro.

Tinignan nya ako mula ulo hanggang paa at saka sya tumayo.

"Upo ka.." alok nya sa upuang katabi ng kanya at saka pumasok sa kitchen kaya naman naupo na ako. Maya maya pa ay may dala na syang plate. **"Kain.."** yaya nya.

"T-Thanks.." naiilang na sagot ko dahil yung magkapatid ay nakatingin samin.

Calm down, Deib.. Relax...

"Mukhang may lakad kayo ah??" si Yaz.

"Kami.." sagot ni Taguro na isinenyas si Parrot.

"H-Ha?! Edi maiiwan akong mag-isa dito?!" si Yaz.

"Edi gumala ka mag-isa.. duh?!" si Parrot.

"S-Sasama ako---"

"Ooopppss!!! Dehins pweydiiii..."
"P-Pero---"
"Next time ka na sumama.."
"M-Maxpein???" pagmamakaawa ni Yaz kay Taguro.
"Next time.. isasama ka namin.." nakangising sagot ni Taguro at sinimangutan naman sya ni Yaz.
Matapos naming kumain ay hinintay ko pa munang makaligo sila Taguro at Parrot..
Habang naghihintay ay eksakto namang tumawag si Lee.
"Hello??" sagot ko.
"San tayo??"
"Hindi ko nga alam e.. san ba magandang pumunta?"
"Tsh.. magyayaya ka tapos hindi mo alam kung san ang punta?!"
"W-Wala akong masyadong alam sa galaan.." sagot ko.
"Laguna lang tayo?" tanong nya.
"K-Kayo'ng bahala---"
"Bakit kami?! E date nyo to---"
"Date nating lahat!"
"Okay.."
"Laguna na nga lang??"
"Mmm.. marami namang pwedeng puntahan dito.."
"Y-Yung nakakarelax ah??" nakangiting sabi ko pa.
"Marami dyan.."
"Sige.."
"San tayo magkikita?"
"Sa Pavillion.."
"Bakit don??"
"Nandito kasi ako kila Taguro.."
"Tsk.. o sige sige.."
"Nakaligo ka na ba?"
"Mmm..."
"O sige.. papunta na kami don in 15 minutes.."
"Sige.."
"See you.."
"Ingat."
"Ingat rin."
At binaba ko na ang line..

Bumaba si Parrot ng nakadress!!!

Sana si Taguro rin..

"Wala pa si Maxpein?" tanong ni Parrot.

"Wala pa.." sagot ni Yaz.

"Ang bagal talagang kumilos tsk... Hoy Sensui.. katukin mo nga.."

"H-Ha??" gulat na tanong ko.

"Umakyat ka dyan.. yung kwarto sa dulo sa kaliwa ang kanya---"

"A-Ayoko.."

"Psh! Hahahahahahahahaha! Okay lang yon!"

"A-Ayoko pa rin.." nahihiyang sagot ko.

"Naks.. gentleman.. sige, ako na nga.." sabi nya at saka umakyat.

Eksaktong pag-angat ko ng paningin ko ay nakita kong nakatingin sakin si Yaz!

Bakit?!

"Anong nagustohan mo kay Maxpein?"

"H-Ha??" gulat na tanong ko.

"I'm asking you kung anong nagustohan mo kay Maxpein??"

"W-Why do you wanna know?"

"I just wanna know.. bawal ba? O hindi mo masagot---"

"Lahat.. lahat lahat ng tungkol sa kanya gusto ko.."

"Mmm.." tatangu-tangong sagot nya. **"That's nice.."**

"W-Why??"

"Nothing.. I'm just envious.."

Nakangiti pa sya na iniiwas ang tingin sakin.

Hindi ko sya sinagot..

"Kasi.. kung titignan kita mula ulo hanggang paa.. total package ka na hahahahaha! Gwapo.. mayaman.. gentleman.. malakas ang dating at mukhang mabait ka rin naman.. Tsk tsk tsk.. andami dami mong katangiang gusto ng isang babae kaya naman kaiinggitan ng lahat ang isang Maxpein dahil meron silang ikaw.."

"W-Why are you saying this??"

"Mmm.. kasi yun ang nasa isip ko.."

Maya maya pa..

"Tara.."

Naiangat ko ang paningin ko kay Taguro..

Kahit mukhang tanga ang buhok nya.. ang cute cute nya!

May nakaipit na kakaparanggot na buhok sa tuktok ng ulo nya at nakakadistract yon!

"Tara.." yaya nya na deretsong nakatingin sakin. Nakangiti namang tumayo ako at humarap sa kanya. **"Nasan na yung mga kaibigan mo?"**

"Magkikita na lang tayo sa Pav.." nakangiting sagot ko.

"Sige.." sabi nya at saka kami sabay sabay na lumabas. Sumunod naman samin si Yaz.

"Sana kahit pasalubong e pwede??" sarkastikong sabi ni Yaz at nilingon naman sya ni Parrot.

"Oo naman, sister *'dear'*.. Pasasalubungan kita ng naaaaaapakaraming *'kwento'*!!!!"

"W-What!?"

"Psh! Tara na nga!" yaya ni Parrot at saka naunang pumunta sa kotse ko, agad ko namang pinindot ang susi ko para mabuksan nya.

"M-Mauna na kami.." paalam ko kay Yaz at sinimangutan nya naman ako.

"Yeah.. Take care.."

"Thanks.."

"Ikaw na munang bahala dyan.." si Taguro kay Yaz.

"Eh ano pa nga ba?! Hayss.." sagot nito at siniringan sya.

"Mauna na kami.."

At sumakay na nga kami ni Taguro sa kotse ko..

Sa Passenger's Seat sya syempre..

Pinagbuksan ko agad sya..

"Thanks.." sabi ni Taguro at saka pumasok..

Pagkastart ko ay binuksan ko ang music.. Maya maya pa ay papunta na kaming Pav.

"San nga pala tayo?" tanong ni Parrot na nakasandal sa seat sa likod at nakatingin sa bintana sa side.

"Dito sa Laguna lang daw sabi ni Lee.." sagot ko.

"San dito?"

"H-Hindi ko pa alam kung saan.."

"Basta sa nakakarelax na lugar hehehehe.." nakangiting sagot ko na sinulyapan pa si Taguro na nakatingin lang ng deretso sa daan.

"Ahh... Ganon ka ba kastressed para magrelax?" natatawang tanong ni Parrot.

"A-Ahh hehehehehe.. h-hindi naman..." sagot ko na sinulyapan pa sya sa salamin.

Maya maya lang ay nasa Pav na kami at maswerteng nandon na sila Lee, Tob at Michiko.

"Woooww!! You look so pretty, Naih!" si Michiko. Agad syang sumalubong kay Parrot at Taguro at yumakap. **"Hi Max! Ang cute mo.."**

"Hehehehehe sabi ko nga kanina magdress rin sya, ayaw nya.. Di ko na pinilit kasi baka mabadtrip lang hahahah! Ano?! San tayo!?" baling ni Parrot kila Tob at Lee.

"Cavinti.." si Tob.

"Ha??? San yon!?"

"Dito lang sa Laguna.."

"O edi tara na!" si Parrot.

"Tara tara.."

Sasakay na sana kami pabalik sa kotse nung biglang magsalita si Lee.

"H-Hey Naih.." si Lee. Nilingon naman namin sya. **"Dito ka na sakin sumakay.."**

"H-Ha??" gulat na tanong ni Parrot.

Nice one, dre..

"Tsh.. dito ka na sakin s-sumakay.." ulit ni Lee.

"B-Bakit?"

"Kasi makakaabala ka lang kila Max at Deib.. masyado kang maingay---"

"Maingay pala e---bakit niyayaya mo pa ako dyan!? Psh! Engot.."

"Di bale ng maabala mo ko wag lang sila---"

"Kila Michiko na lang ako! Magbyahe ka mag-isa!"

"O-Okay!" sigaw ni Lee sa kanya.

"E-Eh kami naman ang maiingayan??" pang-aasar ni Tob kay Parrot.

"H-Ha??" si Parrot na biglang ngumuso.

"S-Sige na nga! Dyan na ako sasakay dahil pinilit mo ko!" duro ni Parrot kay Lee!

"A-Anong pinilit----"

"Wag ka ng kumontra!" sigaw pa ni Parrot sa kanya at saka sinubukang buksan ang kotse ni Lee. **"B-Buksan mo!"** sigaw nya ulit at mabilis naman binuksan yun ni Lee.

"Kita kits na lang.." sigaw ko at saka muling pinagbuksan si Taguro ng kotse. **"Let's go, babe.."** bulong ko pa sabay kindat sa kanya.

"Tss.." natatawang singhal nya at saka sumakay. Mabilis naman akong sumunod sa kotse nila Lee at Tob.

Habang nasa byahe.. hindi ko mapigilan ang mapangiti sa sobrang excitement..

Ano kayang mangyayari sa araw na 'to?? Heheheheehe.. Hmmm.. Bwahahhaha tsk tsk tsk..

"M-Mmm.. T-Taguro.."

"Mmm??"

"M-May regalo ako sayo.." nangingiting sabi ko at nilingon nya naman ako kaya nilingon ko rin sya.

"Regalo?"

"Mmm.. regalo.."

"Tss.. bakit?"

"A-Anong bakit?!" inis na tanong ko.

"Bakit mo ko bibigyan ng regalo??"

"Tch! Pwede bang tanggapin mo na lang ha?! Magtatanong pa e.."

"Okay.."

"H-Hindi mo man lang ba tatanongin kung ano??"

"Hindi na.."

"B-Bakit?!"

"Nagagalit ka e.."

"H-Hindi ako nagagalit..."

Napapangiting nilingon ko si Taguro at humihikab sya..

Badtrip naman 'to.. parang hindi man lang naeexcite! Tsk!

"Matutulog muna ako.. malayo pa naman.." sabi nya at saka pumwesto ng parang matutulog patagilid!

Ang badtrip pa ay hindi sa side ko napunta ang mukha nya! Sa side nung pinto!

"S-Sige.. gigisingin nalang kita kapag nandon na tayo.." mahinang sabi ko pa pero hindi nya na ako sinagot..

Now Playing: Accidentally In Love by Counting Crows

♫ ♪ ' So she said what's the problem baby? What's the problem? I don't know.. Well maybe I'm in love (love).. Think about it every time.. I think about it.. Can't stop thinking 'bout it.. How much longer will it take to cure this?? Just to cure it cause I can't ignore it if it's love (love).. Makes me wanna turn around and face me but I don't know nothing 'bout love .. Come on, come on.. Turn a little faster.. Come on, come on.. The world

will follow after.. Come on, come on.. Cause everybody's after love.. So I said I'm a snowball running.. Running down into the spring that's coming all this love.. Melting under blue skies.. Belting out sunlight.. Shimmering love.. Well baby I surrender.. To the strawberry ice cream.. Never ever end of all this love.. Well I didn't mean to do it .. But there's no escaping your love.. These lines of lightning.. Mean we're never alone.. Never alone, no, no.. Come on, Come on.. Move a little closer.. Come on, Come on.. I want to hear you whisper.. Come on, Come on.. Settle down inside my love.. Come on, come on.. Spin a little tighter.. Come on, come on.. And the world's a little brighter.. Come on, come on.. Just get yourself inside her.. Love ...I'm in love..' ♪ ♫

Hindi ko naiwasang mapangiti dahil sa kanta..

Ilang oras ang nakalipas at narating namin ang isang lugar.. Agad kong ginising si Taguro..

"M-Maxpein.." tawag ko sa kanya at mabilis nyang iminulat ang mga mata nya at tumingin sakin. **"Nandito na tayo.."** nakangiting sabi ko.

"Mmm.." sabi nya at saka bumangot at binuksan ang pinto at bumaba. Agad naman akong sumunod sa kanya.

"Welcome to Japanese Garden!!!!" si Tob.

Sumunod kami sa kanya at parang proud na proud syang ipakita ang kabuuan ng magandang lugar na yon.

"Wag mo sabihing sa inyo 'to??" si Parrot.

"Hindi ah.. sa kaibigan 'to ng Daddy ko hehehehehe.. Let's go.." yaya ni Tob at sumunod naman kami sa kanya. Angganda ng lugar kaya naman agad na nagtingin tingin si Taguro sa paligid..

Ako mismo ay namangha sa ganda ng lugar! Hindi ko akalaing may ganito kagandang lugar dito sa Laguna..

"Don tayo.." yaya ni Tob na itinuro ang isang mababang bridge sa ibabaw ng isang mahabang ilog..

Agad ko namang nilapitan si Taguro na tumitingin sa mga puno puno doon..

"Gusto mo ba dito?" tanong ko.

"Mmm.. ayos lang.." nakangiting sabi nya at nawala ang mga ngiti nya nung mapatingin sya sa likuran ko kaya naman nilingon ko yun. Nakatingin sya sa isang malaking puno na may maliit na Japanese (Torri) gate sa gilid. **"Gusto mo punta tayo don?"** tanong ko at tumango naman sya. **"Don muna kami.."** paalam ko kila Tob na nginitan lang kami.

Kanya kanya na 'to! Hahaha!!!

Nung makarating kami ni Taguro don sa ilalim ng puno ay gulat akong napatingin sa kanya nung biglang mahiga sya sa bermuda!

Ginawa nya pang unan ang magkabilang braso nya at saka nakapandikwatro pa habang nakahiga doon!

Buti na nga lang at hindi sya nagdress.. Whewww..

"Alam mo ba kung anong puno yan?" biglang tanong nya kaya naman gulat akong tiningala yon.

"H-Hindi.." sagot ko.

PLEASE CHECK OUT THE "EXTERNAL LINK" FOR IMAGINARY PURPOSES

"Mmm.. ang ganda noh?" tanong nya at yumuko naman ulit ako sa kanya.

"Mahilig ka talaga sa puno?"

"Mmm.. hindi naman.. Wala nga akong alam sa puno e.."

"Pero bakit lagi kitang nakikita sa ilalim ng puno??" sabi ko na naupo sa tabi nya.

"Kasi nga narerelax ako.. Sa mga kaunting halaman na nakikita ko narerelax ako.."

"I see.." tatangu-tangong sabi ko at saka tumingin sa kanya. **"P-Pwedeng tumabi??"** nakangiting sagot ko pa at pinagpag nya ang tabi nya!

Naiilang na napahiga naman ako doon!

"Alam mo yung pakiramdam na.. kahit may panganib.. parang ligtas na ligtas ka??" biglang tanong nya at napatingin naman ako sa kanya. Bahagya pa akong nagtaka pero tinanguan ko sya. **"Yun ang pakiramdam ko kapag nasa ganitong posisyon ako.."** nakangiting dagdag nya. **"Pakiramdam ko ay kalaban ko yung sikat ng araw at ang mga puno ang tagapag-ligtas ko.." natatawa pa kunwaring sabi nya at natawa naman ako.**

"Hahahahaha.. aanhin ka ba ng araw???" biro ko. **"E kahit anong takbo mo hindi ka naman malalapitan nyan.."**

"May migraine kasi ako.."

Gulat akong napatingin sa kanya..

"A-Ahh.. minsan nararanasan ko rin yan.."

"Mmm.. pero ako madalas.. Lalo na kapag nasisilaw ako sa sinag ng araw.."

Hindi ako nakasagot at nakinig lang ako sa kanya..

"Gustong gusto kong gawin ang humiga sa damuhan mula pagkabata.. kaso, twing makikita ko naman ang araw.. minamigraine ako.. Kahit kasi pumikit ako minsan.. yung tama nung araw sa talukap ng mga mata ko, ganon pa rin ang epekto.. Hindi ko kaya yung sobrang liwanag.. Kaya naisip kong.. sa ilalim ng puno mahiga.. Kahit magdamag akong tumingala.. hindi ako nasisilaw.."

"Ang talino mo talaga, ano?" namamanghang tanong ko.

"Katalinuhan na ba yun??"

"Mmm.. kung ako kasi yon.. magsheshades ako hehehehe.." sabi ko at natawa naman sya at muling pinagmasdana ng puno. **"Pwede ba akong magtanong??"**

"Mmm.."

Bumuntong-hininga ako bago nakapagsalita..

"K-Kahapon.. B-Bakit ganon yung deal mo??" tanong ko.

"Alin?"

"Y-Yung.. k-kapag natalo ako.. lalayuan na kita?? Bakit ganon?"

"Ahh.." sabi nya at saka bahagyang natawa at nilingon ako. Nagtama ang paningin namin. **"Kasi.. hindi mo ko pinapansin.."**

"A-Anong hindi???"

"Nagalit ka sakin ng hindi ko alam kung anong dahilan.."

Hindi ako nakapagsalita!

"At alam kong hindi mo ko matitiis kung yun ang gagawin ko.." dagdag nya pa.

"A-Anong ibig mong sabihin??"

"Mmm.. ang totoo?? Naisip kong kapag yun ang naging deal natin.. manalo--matalo.. Hindi ka papayag na layuan ako.." natatawa pang sabi nya. **"Pero.. hindi ko inaasahang makikipagdeal ka.. ng may sariling kundisyon.."**

"H-Hindi naman pwedeng ikaw lang.. syempre dapat ako rin hehehehehehe.."

"Unfair nga yung sayo e.."

Gulat na nilingon ko sya!

"E-Eh bakit pumayag ka?!" nakangusong tanong ko.

"Para matupad ko ang pangarap mo.." mayabang na sagot nya!

"A-Ang yabang mo ah!"

"Biro lang.." natatawang sabi nya at saka liningon ako.

"P-Pero bakit ka pumayag sa d-deal ko??" tanong ko.

"Mmm.. ano sa tingin mo??" tanong nya.

"G-Gusto kong manggaling sayo.." nangingiting sagot ko.

"Hindi ba pwedeng common sense na lang yon??"

Badtrip-----T-Teka!!

Gulat akon napatingin kay Taguro pero nakatingin na sya ulit sa puno!

Tama ba ang pagkakaintindi ko!? Medyo naging slow pero... ibig nya bang sabihin... Sinagot nya ako d-dahil gusto nya na rin ako?!?

Gusto ko syang tanongin pero hindi ko nagawa.. Nakaramdam ako ng panlulumo..

I wanna ask you how you feel about me but I'm afraid I might not like what you have to say..

"Bakit ka nagalit sakin?" biglang tanong nya at napalingon naman ako sa kanya.

"H-Ha??"

"Nung nakaraan.. hindi mo ko pinapansin.. Hindi kita maintindihan.. pero alam kong galit ka.. Bakit??" sabi nya na seryosong tumingin sakin!

Bigla akong nakaramdam ng ilang at hiya!

"A-Ahh.. k-kasi.. n-nung nakaraang gabi.. s-sabi mo magtetext ka sakin.. Tch! Ang tagal kong naghintay non tapos hindi ka naman nagtext!"

"Tss.. dahil lang don!?"

"H-Hindi! Syempre! May iba pa bukod don.."

"Ano??"

"N-Nakita ko kayo ni Randall na nag-uusap... hinawakan nya pa yung tako mo---samantalang ako hindi ko man lang nagawang hawakan maski isang beses!"

"Hahahahahahahahaha e bakit hindi mo hinawakan!?"

"E-Eh kasi nga.. nabadtrip ako sayo!"

"Nung party.. hindi mo sinabing susunod ka.. Sumunod ka pero umalis ka bigla.. Anong nangyari??"

"A-Alam mo bang nasaktan ako non!?"

"Bakit?" gulat na tanong nya! Nginusuan ko naman agad sya at iniiwas ang paningin sa kanya!

"Hindi ko matiis na hindi ka makita---at mas lalong hindi ko matitiis dahil alam kong si Randall ang makakasama mo sa Party na yon! Kaya naman sumunod ako! Eksakto namang pagdating ko sa Bar na yon----

kumakanta si Randall at kitang kita ko kung pano kayo magtinginan sa isa't isa!" inis na sabi ko pa! **"Alam mo ba kung anong naramdaman ko ha?!"**

"Nasaktan ka kamo.. di ba?!"

Siraulo talaga 'to!

"Oo at parang balewala lang sayo---"

"Ayan ka na naman sa mga pamahiin mo e.."

"Wag ka ngang imbentor?? Kung anu-anong naiisip mo sa mga ikinikilos ko e.." natatawa pang sabi nya. **"Audience ako kaya natural lang na tignan ko sya.. hindi ba't mas pangit pang tignan kung hindi ko sya titignan?? Tss.."**

"Pero yung makipagtitigan ka sa kanya---"

"Woi.. makapagbintang ka ah! Nakita mo ba yung paningin ko ha?!"

"H-Hindi.." nakangusong sagot ko.

"Hindi naman pala e! Pano mo nalamang nakikipagtitigan ako sa kanya?! Tss.."

Hindi ako nakasagot!

"Oo nakatingin ako sa kanya---pero hindi sa mga mata nya! Sa kamay nya!"

"Oh e bakit sa kamay nya?!"

"Kasi may sugat yung kamay nya.."

Gulat akong napatingin sa kanya.

"A-Anong sugat??"

"Mga gasgas e.."

"B-Bakit naman don ka nakatingin??? Dahil nag-aalala ka pa rin sa kanya?!"

"Kung ganon ang lagay e di ba??" seryosong sabi nya.

"Sana hindi mo na lang tinignan.. Tch.."

"Tss.. audience nga ako.. malamang titignan ko sya.. Ewan ko kung bakit sya tumitingin sakin.." natatawang sagot nya.

Inis akong nilingon sya!

"A-Alam mo na palang tinitignan ka---bakit hindi pa ikaw ang umiwas sa tingin nya?!" inis na tanong ko.

"Kasi nga.. audience ako.."

"Tch! Ang sabihin mo---gusto mo lang talagang makipagtitigan sa kanya.."

"Tss.. marunong pa??"

"E bakit---hindi ba?!"

"Hindi.."

"Ewan sayo..." nakangusong sabi ko pa.

"Tss.. kung sa mga ganong bagay nababadtrip ka na e pano ka tatagal sakin?? Hahahahahahaha.."

"Ngayong girlfriend na kita---hindi ka na pwedeng dumikit----"

"Ayan ka na naman sa mga patakaran mo.."

Nakangusong nilingon ko sya.

"Sabi ko naman sayo kahapon.. ilatag mo na e.. Hindi tuloy ako handang makinig ngayon.." pang-aasar nya pa!

"Tch! Matalino ka di ba?! Dapat alam mo kung kailan magseselos at hindi magseselos ang boyfriend mo!"

"Hmm?? Pakiulit??"

"Aiisshh.." bulong ko pa. **"Sabi ko.. matalino ka! Kaya dapat alam mo kung kailan magseselos o hindi ang.. b-boyfriend mo.."** biglang nailang na ulit ko.

"Isa pa.."

"A-Ano ka ba?! Nagbibingibingihan ka ba?!" inis na tanong ko sa kanya at natatawang nilingon nya ako kaya naman nagtaka pa ako!

"Hanep.. feel na feel mong sabihin yung *'boyfriend'* ahh???"

Nakaramdam naman ako bigla ng hiya..

"G-Gustong gusto mo namang marinig!?" inis na tanong ko pa!

Hindi sya sumagot at nakangiting tumingala ulit sa puno!

Bwisit..

"Seloso'ng gwapo.." biglang usal nya at napalingon naman ako. At mapang-asar ang mukhang tinignan naman nya ako ng may angas sa ngiti! **"Tsk tsk tsk.. ano bang kabutihang meron sakin para biyayaan ako ng langit ng ganito?"** natatawang tanong nya at nagitla naman ako!

"Hahahahahahaha!!!!" hindi ko napigilan ang matawa sa kanya. **"Tsk tsk.. ngayon alam mo na kung gano ka kaswerte?! Ha? Hahahahaha! Na kahit ganyan kasama ang ugali mo.. mabait pa rin ang langit sayo dahil isang nuknukan ng gwapo't bait ang iniregalo sayo!"**

"Tss.. E kaso... seloso??? Bawas pogi points!"

"G-Ganon ba yon!?" gulat na tanong ko at natawa naman sya! **"T-Tch! S-Sinong hindi magseselos sayo! Kahit yata lahat ng lalaki ay isa-isa kong tanongin ngayon---magseselos kung sila ang nasa sitwasyon ko!"**

"Wala naman akong sinabing bawal kang magselos ah? Hahahaha.. napakadefensive mo.." pang--aasar nya pa!

"Tch!" singhal ko sa kanya at inis na iniiwas ang paningin ko sa kanya at saka ako tumingala sa puno!

Kahit sinong lalaki magseselos sa ginagawa mong pagtingin sa ex mo! Alam mo ba kung ganong takot ang naramdaman ko non!

"Sabihin mo kasi sakin kapag nagseselos ka.."

Gulat akong nilingon sya pero hindi ako nagpahalata! Nagpanggap akong galit!

"Tch! Dapat alam mo na yon! Kung talagang may pakialam ka sa boyfriend mo.. dapat alam mo kung kailan sya magseselos at hindi---"

"Kaya nga sabihin mo sakin kung kelan.."

"At bakit ko naman gagawin yon!?"

"Para alam ko---"

"Oh e ano namang magagawa mo?!" inis na tanong ko at saka sumeryoso. **"Kung sasabihin ko ba sayo yung mga bagay na ayaw ko---gagawin mo??? Kapag sinabi ko ba sayo yung mga bagay na pinagseselosan ko---iiwasan mo??"** seryosong tanong ko at natigilan sya.

MAX'S POV

"Kung sasabihin ko ba sayo yung mga bagay na ayaw ko---gagawin mo??? Kapag sinabi ko ba sayo yung mga bagay na pinagseselosan ko---iiwasan mo??"

Napakaseryoso ng mukha nya at lalo na ng mga mata nya..

Ang kaninang tuwang nararamdaman ko ay nabahiran ng kaba..

"Kung gagawin ko ba yon.. sasaya ka??" seryoso ring tanong ko at kumunot ang noo nya.

"S-Syempre naman.."

"Kol.."

"A-Anong kol??" takang tanong nya.

"Gagawin ko.."

"H-Ha??"

"Sabihin mo sakin ang mga bagay na ayaw mo at iiwasan ko.. sabihin mo sakin lahat ng pinagseselosan mo at iiwasan ko.."

"T-Talaga??"

"Mmm.."

"B-Bakit??"

Anak ng.. hindi mo maintindihan kung slow ba 'to o nananadya lang e..

"Para maging masaya ka.." sagot ko na lang at tumingin sa puno.

Hindi sya nakasagot at nanatili naman akong nakatingin sa puno..

"P-Pwede ba akong magtanong??" tanong nya bigla.

"Nagtatanong ka na e.." natatawang sagot ko.

"Tch yung seryoso.."

"Sige.."

"P-Pano na si Randall??"

Natahimik ako sa tanong nya at napaisip pero nakarecover rin..

"Anong pano na sya?" tanong ko.

"K-Kasi.. k-kahit hindi mo naman s-sabihin.. a-alam kong sya pa rin.."

Natahimik na naman ako at hindi muna nagsalita..

Bumuntong-hininga ako at saka tumingin sa kanya..

"Bakit mo naisip yan?" nakangiti munit seryosong tanong ko at nanlaki ng bahagya ang mga mata nya.

"K-Kasi.. y-yon ang s-sinabi mo at yon ang nararamdaman ko---"

"Sabihin mo nga sakin.." seryosong pigil ko sa kanya. **"...anong pwede kong gawin para mabura sa isip mo yan?"**

Hindi sya nakasagot at nanatiling nanlalaki ang mga matang nakatitig sakin..

"Kasi hindi ka magiging masaya sakin kung parating ganyan ang iisipin mo.." seryosong dagdag ko at iniiwas ko ang paningin ko sa kanya.

Hindi naman sya sumagot..

Kaya naman tumayo ako at pinagpag ang katawan ko..

Mabilis syang sumuod sakin nung maglakad ako papalayo.

"S-San ka pupunta??? H-Huyyy.."

"Don naman tayo.." nakangiting yaya ko sa kanya at sumunod sya.

Pumunta kami sa isang lugar don kung saan may isang mataas at malawak na hagdan..

"A-Anong gagawin natin dito??" takang tanong nya.

"Nakikita mo ba yung tuktok ng hagdan na yon??" tanong ko sa kanya at tiningala nya naman yun at takang lumingon pabalik sakin.

"Oh?? Anong meron don??"

"Hindi ko alam.."

"Tch! Pinagtritripan mo ba ako?!" inis na tanong nya.

"Bawat hakbang *'patalikod'* sa hagdan na yan.. magtatanong ako sayo at magtatanong ka sakin.."

"A-Ano namang mapapala ko dyan!?" inis na tanong nya.

"Mas makikilala mo ako.."

"H-Ha??"

"Mas makikilala mo ako.." ulit ko.

"P-Pano ko naman malalaman kung nagsasabi ka ng totoo????"

"Bakit naman ako magsisinungaling sayo??"

"M-Malay ko ba---"

"Tss.. hindi ako nagsisinungaling basta basta.."

"O s-sige! Basta ba.. m-magsasabi ka ng totoo ah???"

"Mmm.." natatawang tango ko pa at parang hindi naman sya naniwala. Naghihinalang tinignan nya pa ako at saka tumango.

"Sige.. payag ako.. Kunsensya mo na lang ang kalaban mo kapag nagsinungaling ka sakin!"

"Oo nga.."

"Sige! Sige! Oh e sinong mauuna???"

"Ako.."

"S-Sige.."

"Anong favorite color mo?" tanong ko.

"Blue..." sagot nya at umakyat sya. **"Ikaw?"**

"Black and White.." sagot ko at saka nagtanong. **"Sa lahat ng bansa'ng napuntahan mo.. anong paborito mo?"**

"France.." nakangiting sagot nya. **"Nakakarelax don at napakaraming pwedeng puntahan.. may pera ka man o wala.."** dagdag nya pa. **"Punta tayo don.."** yaya nya pa.

Ang lapit ah...

"Magtanong ka na.." utos ko sa kanya.

"Ikaw??? Sa lahat ng napuntahan mong bansa anong paborito mo?"

"Korea.."

"Talaga?? Bakit?"

"Yun palang kasi ang napupuntahan ko..." natatawang sagot ko.

"Hahahahahahhahahahaha!!!!" at malakas syang tumawa.

"More than 20 countries na ang napuntahan ko!" pagyayabang nya!

"Wala'ng nagtatanong.. Tss.." pang-aasar ko sa kanya at ngumuso naman sya. **"Anong paborito mong pagkain??"**

"Lahat ng luto ng Mommy ko! Syempre! Hehehehehehe! Pero pinakapaborito ko sa lahat lahat ng pagkain ay bistek heheheheheheheh! Ikaw?"

"Pork and Tokwa with Teriyaki Sauce..."

"H-Ha?? Meron ba'ng ganon???"

"Mmmm.. paborito ko pa nga e, di ba?? Tss.. Pero yung tokwa lang ang kinakain ko.. ayoko ng baboy.."

"A-Ang weird..." bulong nya pa..

"Anong type mo sa isang babae??" tanong ko.

"Mmm.. syempre yung mabait---"

"Suuuuss!" pang-aasar ko!

"Oh bakit!?" nakangusong tanong nya.

"Si Kim!? Mabait?! Woooowww hahahahahahaha----"

"H-Hoy! Mabait naman talaga yon! N-Nagbago lang..."

"Okay.." natatawang sagot ko.

"Eh ikaw??"

"Anong ako? Anong type ko sa babae?? Syempre.. yung kasing cool ni Naih heheheheh-----"

"Tch! Anong type mo sa lalaki!!!!!"

"Wala akong type.." sagot ko na nakatingin sa baba nung hagdan at saka ako tumingala at nagtama ang paningin namin.. **"Kapag gusto kita.. gusto kita.. Wala ng type type.."** nakangising sagot ko at nagpigil naman sya ng ngiti..

Sa madaling salita.. Kinilig na naman.. Tsk tsk!

At nagpatuloy lang kami sa pag-akyat kada sagot sa tanong.

Hanggang sa umabot kami s ataas at dalawang hagdan na lang natitira..

"Bakit hindi mo ako tinatanong kung anong nararamdaman ko sayo?" derektang tanong ko na nakatingin mismo sa mga mata nya at natigilan sya at bahagya pang lumayo ang ulo nya. Pareho kaming seryosong nakatingin sa isa't isa at hindi sya nakasagot.. **"Parating pabiro kung tanongin mo ako kung may gusto ako sayo---pero ni minsan hindi mo inalam kung ano ba talaga ang tunay na nararamdaman ko sayo.."**

"....." he was speechless.

Iniiwas ko ang paningin ko at tumingin sa malayo..

"Sinasagot ang lahat ng tanong Sensui.. hindi tayo uusad hangga't di mo nasasagot yan.." natatawang biro ko pero nanatili syang seryoso.

Bumuntong-hininga pa muna sya bago nagsalita.

"K-Kasi natatakot akong malaman kung a-anong t-tunay na nararamdaman mo.." malumanay na sagot nya habang nakatingin sakin.

"Natatakot akong malaman k-kung ano ba talagang estado ko sa buhay mo---"

"Kakainin ka ba ng nararamdaman ko??" natatawang tanong ko.

"H-Ha??"

"Yung iba nga.. Kesehodang masaktan.. malaman lang ang katotohanan.. Tapos ikaw.. nagpapatalo ka sa takot mo hahahahaha!"

"O-Oh di sige! Sabihin mo sakin kung anong nararamdaman mo sakin!"

"Hmmm.. ayoko.."

"H-Ha?? B-Bakit???"

"Dahil mas maigi ng kumilos na lang ako kesa magsalita.. baka kasi sa huli, hindi magtugma hahahahaha.."

"A-Ano??"

"Dumadami ang tanong mo.. i-isa na lang 'to oh! Walang dugasan!" sigaw ko kunwari at itinuro yung natitirang isang baytang. **"Sinong first kiss mo??"** biglang tanong ko.

"H-Ha??? T-Teka! B-Bakit naman yan????" gulat na gulat na tanong nya.

"Edi wag na tayong maglaro---"

"S-Si Kim!" inis na sagot nya.

"Bwahahahahha!!!!!" malakas na tawa ko!

"A-Anong nakakatawa?!" inis na tanong nya!

"A-Akalain mong nakahalik ka rin don!? Lupet mo palang mangligaw e noh??"

"A-Ano!?"

"Tss.. Elib.." biro ko. "Oh sige.. akyat kana.." sabi ko pa at umakyat sya patalikod..

"I-Ikaw??? S-Sinong first kiss mo??"

"Mmmm.. gusto mo ba talagang malaman???"

"S-Syempre!"

"Talagang gusto mo ba'ng malaman??"

"Oo nga! Sabihin mo na!"

"Ikaw.." deretsong sagot ko at natigilan sya.

Umakyat ako ng isa at humarap sa kanya..

"Alam mo.. kung tutuusin madali kang mahalin e.. Gwapo ka at nasa iyo na ang lahat lahat.. pati nga pambubully na sayo na.." natatawang sabi ko na iniiwas pa ang tingin sa kanya. Pareho parin kaming

nakatalikod sa tuktok na narating namin at nakatanaw sa tanawing nasa ibaba namin. **"Sinabi ko sa sarili kong ayaw kong pag-araling gustohin ka.."**

"B-Bakit?"

"Kasi alam kong magkukusa.." sabi ko at muling tumingin sa kanya. **"I think I like you.."** seryosong sabi ko.

OceanofPDF.com

CHAPTER 122 : The First DATES d--,b ♥

TOB'S POV

Hindi ako makapaniwalang kasama ko si Michiko ngayon at nagdedate kami..

Sa dami ng beses na naming nagdate.. parang paulit-ulit pa ring bago ng bago ang dates namin hehehehehehehehe!!!!

Sya lang talaga ang babae para sakin at wala ng iba.. sya lang gusto ko at wala ng iba..

"Michiko.." tawag ko sa kanya..

"Mmm??" nakangiting sagot nya.

"Nasabi ko na ba sayong.. ikaw ang pinakamagandang nangyari sakin??"

"E-Eh?? Yiiiieeeeee.. nakakakilig ka talaga.." nangingiting sabi nya.

"Seryoso.. hehehehehe.. Kahit na ganitong puro biro ang laman ng bibig ko.. h-hindi ko talaga maiwasang magpasalamat dahil binigay ka sakin.."

"Yiiiieeee... masaya rin naman akong binigay ka sakin e.."

"Hehehehehehe.. napakaswerte ko kasi.. kahit na nililigawan palang kita.. alam kong gusto na natin ang isa't isa.. At saka wala akong pinagseselosan kasi.. hindi mo hinahayaang magselos ako.. Salamat talaga.."

"E ikaw rin naman.. hindi mo naman ako pinagseselos.. kaya kwits lang tayo hihihihihihihi.."

"Masaya ka ba sakin??" nakangiti munit seryosong tanong ko.

"Oo naman.. nung unang beses pa lang na magtapat ka sakin ng feelings mo.. ako na ang naging pinakamasayang babae sa buong mundo.. kasi.. yung tao'ng gusto ko.. gusto rin ako.. Alam mo bang.. yun ang pangarap ng lahat ng babae?? Ang magustohan sila ng taong gusto nila.."

"Ganyan rin naman kaming mga lalaki hehehehehe.."

"T-Talaga??"

"Mmm.. pangarap rin naming magustohan kami ng babae'ng gusto namin.. at napasaya mo rin ako dahil gusto mo rin ako.. Ako rin ang naging pinakamasayang lalaki sa buong mundo nung sabihin mo saking gusto mo rin ako hehehehehehehehe.."

"Yiiiieeee... e sino naman kasing hindi magkakagusto sayo??? Nasa iyo na lahat.." nakangiting sab nya. **"Masasabi kong napakaswerte kong babae at ako ang napili mong ligawan.."**

"Bakit naman??" nakangiti pa ring tanong ko.

"K-Kasi.. m-maganda man ako.. h-hindi naman ako perpekto hehehehehe.. Hindi ako sing talino nung ibang babae dyan at napakaslow ko talaga.. b-buti nga hindi ka natuturn-off sakin e.."

"M-Michiko.. kalimutan mo na ang tungkol dyan.. Di ba napag-usapan na natin yan??"

"Hihihihihihi.. okay lang ano ka ba.. At saka isa pa.. h-hindi ko rin naman kasi maiaalis sakin yun kasi parte na ng buhay ko yun.. ako na 'to e hihihihihihi.. Wala naman akong pakialam sa mga sinasabi ng tao kasi ikaw pa lang.. isang malaking dahilan na para paniwalaan ko ang sarili ko hihihihihihihi.. Tapos dumagdag pa yung mga friends ko.. sila Naih.. Max.. Migz at BJ.. lahat kayo.. lahat lahat kayo.. kayo ang nagiging dahilan para maniwala ako sa sarili ko at sabihing kaya ko hihihihihi! Pero ikaw yung pinakamalaking dahilan hihihihihi.. kasi mula nung sabihin mo saking gusto mo ko.. h-hindi na nawala sa isip kong.. may magmamahal pa rin talaga sakin kahit na slow ako.. at masaya akong ikaw yun.."

"Ang sweet mo naman.." nakangiting usal ko at napangiti rin sya. **"Mahal na mahal kita Michiko.."**

"Yiiiieee.. mahal na mahal rin kita Tob.. Alam ko bata pa tayo pero---"

"T-Talagang m-mahal na mahal mo rin ako?!" pigil ko sa kanya.

"O-Oo.. s-sino ba namang h-hindi magmamahal sayo??? Gwapo.. matalino.. napakagentleman.. napakabait.. lahat lahat nasa iyo na To---"

NIYAKAP KO SYA!

"I love you... Michiko.. I love you so much..."

"T-Tob.." gulat na sagot nya. **"P-Pero h-hindi pa ibig sabihin nun.. t-tayo na ah???"**

"A-Ahh hehehehehe.. a-akala ko yun na rin yun.." napapahiyang sabi ko na inilayo sya.

"Hahahahahaha hindi pa! Anu ka ba.." sabi nya na pinalo pa ako sa braso. **"Pero malapit na talaga Tob.. hihihihihi.. Mga next week siguro.."**

"H-Ha???" gulat na tanong ko.

"Mmm.. hihihihi mga next week para surprise.."

P-Pano pa magiging surprise yun mahal kong Michiko??? Huhuhuhhu..

"H-Hehehehehe.. o-okay lang, Michiko.." nakangiting sagot ko pa.

Maya maya pa..

"Mmm.. Tob??" tawag nya ulit sakin at nilingon ko naman sya.

"Mmm??" nakangiting sagot ko pa.

"Masaya ka ba para kay Deib at Max??"

"Syempre naman.. hehehehehehe! Sa wakas naging totoo sa pagmamahal nya ang bestfriend ko.."

"Mmm.. andaming nagkagusto kay Max.. h-hindi ka man lang ba nagkacrush sa kanya??"

Napraning ako bigla sa tanong nya!

"A-Ano ba namang t-tanong yan, Michiko??"

"Tinatanong lang e.. E kasi.. andaming nagkakagusto sa kanya hihihihihihi.."

"Hahahahahahaha! Ano ka ba.. Maganda naman kasi si Max.. mas maganda ka nga lang hahahaha! Ang totoo nga nyan.. kapag pinagtabi tabi kayo.. Ikaw.. si Zarnaih.. si Maxpein.. si Kim.. O sige isama na natin sila Dein.. si Keziah.. si Ysay sama mo na rin hehehehehe.. Sa inyong lahat.. ikaw yung pinakamaganda.. sya naman yung pinakaleast.. pero hindi naman ibig sabihin nun ay pangit sya.. Pero napakalakas ng dating nya hehehehe.. yung dating nya'ng yun.. kayang kayang burahin ang ganda nyong lahat hahahahaha!"

"Hihihihihihi ganon??"

"Mmm.. don't get me wrong pero.. yun talaga.. yung kakaibang dating ni Max na yun.. yun ang napapansin ng mga lalaki sa kanya hehehehehe.. Pero hindi naman ako nagkagusto sa kanya kahit ang cool at ang astig nung dating nya.. talagang friendship lang ang habol ko sa kanya.."

"Sabagay.. kahit ako napansin ko yun e hihihihihi.. Mmm kumusta na si Ate Kim??"

"Mmm.. bakit mo naman naitanong?? Hindi ko na sya nakakasama e.. Siguro dahil Interhigh rin.."

"Wala naman.. Nakakalungkot lang rin kasi yung nangyari sa kanila ni Deib.." bumuntong-hininga pa sya. **"Haaaayy.. alam mo namang super fan rin ako ng love team nila hihihihihi.."**

Nangiti ako bigla pero pilit ang ngiting yun..

Hindi ko kailanman nagustohan si Kim para kay Deib.. kesehodang pinsan sya ng bestfriend namin..

Hindi ko magawang ishare kay Michiko ang naisip ko dahil fan nga sya ni Kim.

"Ganon talaga.. baka dahil si Max at Deib talaga ang nakalaan para sa isa't isa.." nakangiting sagot ko na lang.

"Naaawa ako kay Ate Kim pero hihihihihi.. lamang yung pagkakilig ko kila Max at Deib hihihihihi! Hindi kasi sila yung common na couple.. hihihi kahit hindi pa sila.."

Sila na hehehe..

"Fan na rin ako ng love team ni Max at Deib hihihihihi.. Kasi mas maganda yung naging start nung relationship nila hihihihihi.."

"Oo nga.. mas maganda nga yung love story nila kesa nung kila Deib at Kim.." natatawang sabi ko at ngumuso naman sya.

"Pero tama ka hihihihihihi.. Parang ang cute cute tignan na panay ay away nila hahahaha pero kitang kita mong kinikilig pa rin sila sa isa't isa hihihihi.. ang cute!"

"Sana nga magtuloy tuloy na hehehehehe.. masaya ako para sa kanilang dalawa.. Ssshhhkkk.. lintek ng daming pinagdaanan bago namin nalaman ang tunay na pagkatao ni Max hahahahaha! Grabe napakamisteryosa!"

"Oo nga e.. Ganyan rin ang madalas naming pag-usapan nila Migz at BJ noon kapag wala sila ni Naih.. si Naih kasi.. hindi sya yung tipo'ng sasagutin yung tanong mo kapag tungkol kay Max.. yun bang *'safe mode answers'* ang ibibigay nya sayo..???? Uhm.. hindi sya nagkukwento at lagi syang playing safe mode.."

"A-Ahh h-hehehehehe.. E syempre b-baka kasi iniingatan nya lang yung pagkatao ni Max kasi tignan mo naman kung gano kakumplikado at kaselan yung buhay nya di ba?? Hindi pwedeng basta bsta pakialaman.. Baka nga kaya ganon na lang ang personality nun kasi.. dahil sa mga pinagdaanan nya.."

"Oo nga e.. masyado syang tahimik at talaga namang nakakatakot sya kapag nagalit.."

"Talaga??"

"Mmm.. kahit nga si Sir Ciufan natatakot sa kanya minsan.. Sinasabi nga lang samin ni Sir na natatakot sya kay Max kapag wala na 'to.. kasi yung mga tingin daw ni Max.. kakaiba.. hindi daw normal.."

"Ngek?? Hahahahahahaha! Wag kang nagpapapaniwala sa sinasabing yun ni Ciufan.. Sapak rin yun e.."

"Hihihihihi.. oo nga.. Pero matalino naman si Max e.. sobra!"

"Talaga??"

"Mmm.. sobrang talino nya! Lalo pa si Naih!"

"Oh?? T-Talaga??"

"Mmm.. sana nga ako rin e, hihihihi.."

"K-Kaya mo naman e.."

"Mmm... tinutulungan naman nila ako e.."

"Good.."

At nginitian ko sya..

"Haaaay hindi ka pa ba nagugutom???"

Gulat akong napatingin sa kanya at napaigtad!

"B-Bakit h-hindi ka nagsasabi???" tanong ko pa na biglang tumayo at inialok sa kanya ang kamay ko. **"K-Kanina ka pa ba gutom??"**

"Hihihihihi.. oo pero kasi.. n-nabubusog ako sa mga tingin mo e hihihihi!"

"I-Ikaw naman Michiko oh..." medyo inis na sabi ko. **"H-Halika na.. a-alam mo namang ayaw ko ng magugutom ka e.."**

"A-Ano ka ba, okay lang yun..."

"Teka tatawagan ko muna sila Deib.."

"Sige.."

Nginitian ko lang sya at saka idinial ang number nila Lee at Deib.

NAIH'S POV

Hindi masakit sa loob kong makasama si Lee ngayon..

Pero ang bigat bigat sa pakiramdam dahil hindi nya naman ako kinikibo!!!!!

Parang tangang pareho lang kaming nakayuko sa hindi ko malaman kung batis ba 'to o ilog sa harapan namin habang nakatayo kami sa gitna ng bridge!

"Kumusta na kaya sila Max don??" kunwaring tanong ko.

Mabasag lang ang nagkrikristal na katahimikan!

"I don't know.. hindi ko naman sila kasama e.."

Wooow.. Wooow lang! Kaya nga sinabi kong kumusta na KAYA sila doon! Ibig sabihin.. manghuhula ka mamenn!!!! Ang slow mo! Goodness!

"Gusto mo na bang umuwi?" biglang tanong nya.

"H-Ha??" gulat namang nilingon ko sya.

"Tinatanong ko kung gusto mo ng umuwi..??"

"B-Bakit mo naman naitanong yan?"

"Kasi parang uwing uwi ka na e.."

"H-Hindi ah!"

"Tsh.."

E pano po kasi.. napakasarap mong kasama!

Inis akong naupo don sa bridge at nakapangalumbaba'ng pinanood ang daloy ng tubig sa baba..

"Do you like him??"

Gulat akong tiningala si Lee dahil sa tanong nyang yun! Pero nasilaw ako sa sinag ng araw ka naman kinusot kusot ko pa ang mata ko matapos tumungo..

Gulat naman akong makitang nakaupo na sya sa tabi ko pagmulat ng mga mata ko!

"A-Ano ulit yung tanong mo???" maang-maangang tanong ko.

"I'm asking you if you like him?"

"S-Si Deib?! What the heck!? Stop me! Stop me again! Saan mo naman nakuha ang paniniwalang yan, aberrr????"

"Tsh.. hahahaha.." bahagyang tawa nya. **"Do you like him for her??"**

"Ayowwwn! Hindi mo kasi nilagyan kanina ng *'for her'*!!!! Makaenglish ka lang e no?? Kesehodang basta basta.. basta rin maka-english ka!"

"Tsh.. you're nonsense!"

"So you make sense!? Stop me!" sigaw ko sa kanya at saka napaisip. **"Of course I like him for her! Ang cute kaya nilang tignan!"**

"In what way??"

In what way??? In what way nga ba?!

Napaisip ako at saka muling tumingin sa kanya.

"Bakit? Sayo ba hindi??? I mean.. hindi ba't ang cute naman nila?? Isang maingay at isang tahimik.. isang mayaman at isang mayabang??

Meant to be! Hahahahahaha!!! Pero seryoso.. hindi ko alam.. Hindi ko alma kung bakit gusto ko sila para sa isa't isa.. basta ang alam ko lang masaya ako para sa kanila.."

"Mmm.. I'm happy for them too.."

"Bakit mo naman naitanong??"

"Wala naman.. kasi nung una.. galit na galit ka kay Deib.."

"Psh! Napakabuti ko namang kaibigan kung pupurihin ko pa sya sa sobrang gaganda ng ginawa nya sa kaibigan ko di ba?! Mowntik mowntik ko na talagang isiping may sademonyo sya at nagawa nya lahat yun! Actually, hindi pa rin ako makapaniwala hanggang ngayong.. nagkat----nagkagustuhan sila.."

Be careful with your words, Naih! Dahil kapag ikaw nahuli nako.. katakot takot na pananahimik na naman ang gagawin ni Taguro sayo!

Stop me huhuhuhuh.

"Hahahahahaha.. you don't have to hide it.." natatawang sabi nya at gulat namana kong nilingon sya.

"A-Ang alin??" inosente kunwaring tanong ko.

"I know everything.."

"H-Ha??"

"Tsh.. alam kong sila na.."

"HUWAAAAAAAAATT???" gulat na gulat na tanong ko!

Stopp me! Tigilan ako!!

"P-Pano mo nalaman?!" dagdag tanong ko pa at mas natawa sya.

"Dahil nung mismong laro.. kinausap ako ni Deib na kailangang maipanalo ang laro dahil yun ang naging deal nila----"

"S-So alam mo talaga?!"

"Mmm.."

"Sheeeeeett.." mahinang bulong ko pa. **"Ibig sabihin mas nauna ka pa palang malaman kesa sakin!?"**

"Siguro??"

"Keri lang.. hindi naman yan babawas sa ganda ko.." nakangiwing sagot ko sa kanya.

Muling nangibabaw ang katahimikan sa pagitan namin..

At hindi ako mapakali dahil may gusto akong itanong sa kanya..

Tanong na matagal ng nagpapaulit-ulit sa utak ko!

Tanong na kailanman.. hindi ko masasagot..

Tanging sya lang ang makakapagsabi sakin ng totoo..

"P-Pwede ba akong magtanong?!" prangkang tanong ko at nilingon nya naman ako. **"Tagalog ang tanong ko kaya sana sagutin mo ng tagalog.. Kasi kapag nag-apply ka sa mga kumpanya.. ganyan dapat ang isaisip mo.. kapag tinanong ka ng ingles.. sagutin mo ng ingles! Kapag tinanong ka ng tagalog---sagutin mo ng tagalog! Kasi yung mga ganyang bagay ay napapansin rin ng mga kump----"**

"Just ask.."

Hindi man lang makadakdak ng mahaba haba.. bwisit 'to ah!

"O-Okay.." napapahiyang sagot ko at saka sumeryoso. **"M-May gusto ka ba kay Max???"**

"Ha?!"

"May gusto ka ba kako kay Max??"

"Hahahahahahahahahhahahahahaha!!!!"

Tumawa lang ang king ina.. Nice!

"At bakit mo naman naisip yan!?" natatawa pa ring tanong nya.

"K-Kasi.. b-bilang butihing kaibigan nya.. n-napapansin kong.. kahit kelan hindi ka nagpakita ng kawalan ng interes sa kanya.. p-parati kang nandyan at ang bait bait mo sa kanya.. so I w-was thinking if you l-like her.."

"Of course I like her.."

Aray..

Jusko po.. why didn't you stop me?? Huhuhuhuhuhu.. Sana hindi na ako nagtanong!

Napakuyumos ang dalawang kamay ko at pakiramdam ko'y namanhid ang kabuuan ng mukha ko!

Mabilis kong iniiwas sa kanya ang paningin ko dahil pakiramdam ko mamumuo ang mga butil ng luha sa mga mata ko kapag nanatili pa akong nakatingin sa kanya!

"But.. Tob likes her too.. You like her too.. All of her friends likes her.. I see no reason to dislike her.. hahahahahahahahaha! She's so cool.."

Oh my God..

"I-Ibig mong sabihin.. G-Gus---"

"I like her.. because of her personality.." nakangiti munit pormal na sagot nya. **"She's pretty and nice.. Bibihira rin sa babae yung may literal na strong personality na taglay nya.. Kaya naman.. gusto ko sya.. bilang kaibigan.."**

"A-Ahhh... hahahhahahahahahaha!!! H-Hindi mo naman kasi nilinaw e.."

"Tsh.. iniisip mo bang may gusto ako sa kanya?? Yung tipong liligawan ko sya para maging girlfriend ko??"

Nabigla ako sa deretsong tanong na yun!

"O-Oo.." sagot ko.

"Tsh! Hahahhahahahahaahahaha!!!!" malakas na tawa nya at mas napahiya naman ako!

Kainis!

"Bakit mo naman naisip yon??" natatawa pang tanong nya!

"E-Engkasi.. a-akala ko yung m-mga pagpapakitang gilas mo.. yun na yun e.."

"A-Anong pagpapakitang gilas?!" inis na tanong nya!

"B-Bakit?! Hindi ba?! Dinaig mo pa si Deib! Para kang bumbero sa oras ng sunog! Para kang manggagamot sa oras ng epidemya! At para mas mabilis ka pa sa mga rumeresponde sa oras ng sakuna twing mapapahamak sya! Kinabog mo pa akong kaibigan nya!"

"Hahahahahaha you're really funny.." malala ang tawang sabi nya pa.

"P-Psh!"

Mas pinapahiya ako nito ah..

"B-Bakit?! Totoo naman ah!"

"Pero hindi ko alam na napapansin mo pala ako?"

"S-Syempre nama.. sa laki mong tao talagang mapapansin kita..."

"Mmm.. tapos gwapo pa no??"

"H-Ha! A-Ang kapal.." bulong ko. **"P-Pero naging type mo si Max??"**

"Mmm.. panong type??"

"Type na ligawan.. g-ganon.."

"No.." nakangiting sagot nya. **"I really like her personality.. I will never deny that.. At kung tatanongin rin ako.. it's easy to like her.. I can fall for her anytime.. maybe if we were much more closer.."** natatawa pang sabi nya. **"But.. I want someone who's more feminine.. M-Masyado kasi syang boyish at.. hahahahahaha natatapakan nya ang pagkalalaki ko hahahahahaha.."**

"Psh!"

"Mmm.. sabihin na nating.. ganon lang ako kay Max kasi nag-aalala talaga ako.. Mas mabilis akong nakakapagbigay ng tulong sa kanya

kasi.. kaibigan ko si Deib.. kapag may ginawang kalokohan si Deib sa kanya.. nagagawa kong ipagtanggol agad sya.. And besides.. kahit itanong mo pa sa mga friends ko.. ganito rin ako noon sa mga iba pang binully ni Deib in the past.."

"A-Ahh.. a-akala ko kasi---"

"Hindi.."

"P-Pano kasi---"

"Hindi nga ganon yon.."

"Oo nga.. Pero kasi---"

"S-Sinabi ng hindi.. J-Just stop thinking!"

Sige pangunahan mo pa ako.. Tsk! Hindi man lang makatapos ng mahaba habang linya! Peste!

"E ikaw?" biglang tanong nya.

Gulat naman akong napatingin sa kanya!!!!

"A-Anong ako?! Engot ka ba?! May gusto kay Max?! Ulul! Stop me!" inis na sigaw ko sa kanya! **"Baka kaibigan ko yon?! Ako ang kasama nun sa hirap at ginhawa! Minsan nga nahahawa na ako sa yabang nun e! Hindi man nya ako gusto na maging bestfriend nya---para sakin sya ang bestfriend ko at ako ang bestfriend nya! Nagagalit ako twing naglilihim sya at nag-aalala rin ako twing may mangyayari sa kanya pero---STOP ME!!!! Hindi ako tomboy noh! Never! Oh kung sya man ang tomboy saming dalawa----hinding hindi ko sya magugustohan! Excuse me!"**

"Stupid.."

Gulat na naman akong napatingin sa kanya!

"A-Ano!?" inis na tanong ko!

"Hindi si Max ang tinutukoy ko!"

"E-Eh sino ba?? Hehehehe.." aanga angang tanong ko.

"Ako.."

"H-Ha?!" gulat na tanong ko.

"Ako.."

"A-Anong ikaw??"

"May gusto ka ba sakin??"

Nanlaki talaga ang mga mata ko ng bongga pa sa bongga dahil sa tanong nya!

OMG! Halata na ba ako?! OMG! OMG! OMG!

Ramdam na ramdam ko ang pamumula ng mukha ko habang deretsong nakatingin sa seryosong gwapong mukha nya!

Hindi ko malaman kung anong isasagot ko sa tanong nya sa sobrang gulat ko!

Naghabulan ang mga kabog sa puso ko at hindi ko na sya magawang tignan!

"The time is running out, Zarnaih.."

"H-Ha???" maang maangang tanong ko pa!

"I'm asking if you like me???"

"B-Bakit???"

"Because I like you too---"

"Ay kamote---juskoh ka!"

NAPAIGTAD AKO SA SINABI NYA!

Because I like you too---

Because I like you too---

Parang alarm clock na nagsnooze yun paulit-ulit sa tenga ko!

Lord please don't stop me.. please don't stop me..

Parang nilalamutak ang puso ko at pakiramdam ko ay may nagrarambol sa tyan ko!

Iniiwas ko ang paningin ko sa kanya na mabilis ko rin namang ibinalik!

Napahawak ako sa dibdib ko habang nakatingin sa kanya!

"P-Pwede mo bang u-ulitin yung s-sinabe mo?? M-Mali ata dineg ko.. h-hehe.." pilit ang tawang sabi ko. Pero hindi ko mapigilang mapapikit at magkandirit sa sobrang hindi makapaniwal!!!!

"I'm asking you if you like me because I like you too.. Zarnaih, I like you.."

"Jusko.. totoo nga.. tama nga ang dinig ko.." bulong ko pa.

"Yes you're right.. and I need your answer.."

"A-Answer?? A-Answer as in sagot??"

"Y-Yes???" sarkastikong tanong nya!

"T-Teka.. D-Don't pressure me.. d-don't pressure me please..." sagot ko pa!

Hindi agad ako nakapagsalita!

Napahawak ako sa dibdib ko at pakiramdam ko ay hawak hawak ko ang puso ko sa sobrang lakas ng kabog nito!

Huhuhuhuhu ganito pala ang feeling pero jusko bakit parang takot na takot naman ako?! Nahihirapan akong humingaa!! Waaa!!

"Naih!"

"H-Ha??" gulat na sagot ko sa malakas na tawag nya sa pangalan ko!

"I-I'm waiting.."

"W-Wait----s-sandali naman! Jusko! Huminto ang puso ko ng 5 seconds.. t-teka lang.. Y-Yumanig ata ang m-mundo ko---teka! Teka!"

Para kang tanga Naih! Ganyan ba ang mga napapanood mo sa labas na reaksyon ng isang babae sa lalaking nagcoconfess?!!!!! Stupiiiidd!

Huhu I really don't know how to react on this one! This is my first time and yung feeling??? Juskooooo hindi ko inaasahang ganito pala 'to! Ang bilis bilis ng tibok ng puso ko at pakiramdam ko nagkakandabalibaliktad na ang mga lamang-loob ko huhuhuhu! Lord please.. give me strength hinang hina na po ang tuhod ko huhhu..

Sana may magbenta ng balot dito.. huhuhuhuhu!

"N-Naih..."

Napatingin ako ng deretso sa mga mata ni Lee at talaga namang nagkukumawala ang sinseridad nya mula retina palabas sa mga mata at papunta sakin!

"Jusko Lee.. b-bakit ganito?!"

"A-Anong bakit ganyan??"

"I mean.. Bakit ngayon?! Hindi ka man lang namili ng maganda gandang panahon! Bakit ngayon pa?! Edi sana nakapagprepare man lang ako huhuhuhu!"

"H-Ha???" gulat na tanong nya pero hindi ko sya pinansin!

"P-Pero teka! Panong nangyaring gusto nya ako?! Bakit nya ako gusto?! Anong nagustohan nya sakin?! At saka... bakit gusto agad?! H-Hindi ba pwedeng g-ganon muna kay Deib!? Y-Yun bang l-ligaw ligaw muna??? Kasi ba.. d-don sa mga napapanood ko ba'y ganon.. y-yung nagkandaligaw ligaw pa yung lalaki tapos gusto rin pala sya nung babae?? Y-Yung ganon ba?? D-Diba?? Para man lang matulad sa iba---"

"W-What!?"

"S-Sorry naman.." pabulong na sabi ko pa.

"You're so loud!" sigaw nya sakin!

Psh! Sarili ko kasi ang kakwentuhan ko! Um-epal ka lang!

"H-Hoy! Ganyan ka ba magconfess ha?!" inis na tanong ko sa kanya! **"Wala man lang sweetness!"**

"Dahil kapag naging sweet ako sayo.. ibig sabihin.. girlfriend na kita.."

"G-Girlfriend agad?!"

"Pwede ring asawa.."

"H-Hoy! Lee! M-May sumapi ba sayo ha?!???" tanong ko na sinipat pa ang mukha nya**! "A-Anong nakain mo't nagkaganyan ka bigla ha?! Ipapatawag ko na ba si Buddha?! Ha?!"**

"T-Tsh! H-Hirap mo namang kausapin ng seryoso!"

"E sinong seseryoso sayo----nakakagulat yang mga pinagsasasabi mo! Ikaw?! Ako?! May gusto ka sakin?! Jusko! Ambelibabol! B-Bakit ako?!"

"I don't know.." naiilang ring sagot nya!

"S-Seryoso ka talaga?!" tanong ko pa.

"Do I look like I'm kidding?!" inis na tanong nya.

"N-No.. "

"Tsh! Because I'm serious!"

"O-Oh e bakit nga ako?!"

"Hindi ko nga alam!"

"N-Naiintindihan ko kasing.. oo mganda ako.. oo matalino ako.. oo naaaaapakarami kong talents pero.. d-di ba a-ayaw mo sakin??? Kasi maingay ako.. at lahat ginugulo ko t-tapos.. tapos.. ngayon sasabihin mo saking may g-gusto ka sakin?? C-Come on Lee.. are you out of your mind?!"

"Yes.."

"A-Ay.." gulat na naiusal ko pa.

Natigilan ako sa pagsasalita nung makita ko ang biglaang pagseryoso sa mukha nya!

"Unang beses pa lang na makita kita alam kong gusto na kita.. kaya naman kahit naturn off ako sayo nung pangalawang beses kitang makita.. wala na akong magawa.. gusto na kita e!"

Tae..

"B-Bakit hindi mo sinabeeeeeeeee!!!!" maluha luha pang tanong ko! **"Huhuhu nakakabwisit ka naman e!!!!"**

"W-What!?"

Hindi ko na napigilan ang sarili kong maiyak habang nakangusong nakatingin sakanya!

"K-Kung s-sinabi mo agad e-edi sana m-may s-sweet rin sakin n-nung nasa Palawan ako! Edi sana tulad ni Max---may kayakap rin ako sa dagat! Edi sana m-may stuffed toy rin ako! Edi s-sana.. s-sana tayo na rin ngayon!!!! Ang tanga tanga mo naman! Makupad ka pa sa pagong!"

"S-So.. you like me too?"

"Jusko! Pa-english english ka pa---ang slow mo naman! Oo! Gusto kita! Noon pa! Una pa lang rin kitang marinig na nag-uuminggles sa harap ko---gusto na kita! Unang beses pa lang kitang nakita kahit na mukhang hilaw na mestiso ka---gusto na kita!!!!" parang batang umiiyak na sigaw ko sa kanya! **"Huhuhuhu nakakainis ka naman e!!!!"**

"H-Hey.."

"A-Anoooo!"

"D-Don't cry.." natatawang sabi nya at nginusuan ko naman sya!

"Letse! Sayang yung moment don sa Palawan!"

"Look.. kung ano man yung kila Max at Deib.. sa kanila yon.. H-Hindi ko hahayaang gumaya tayo sa kanila.. dahil kayang kaya kong bigyan ka ng sarili mong love story.."

Aaahhh... ang sweet!!'

"Yiiiieee.. talaga???"

"Mmm.. kung sasabihin mo munang gusto mo ko---edi oo.."

"Psh! Jusko! Makakailang ulit pa ba naman ako Lee Roi Gozon ha?! Oo----gusto kita! Ayaw mo ng tagalog?! Yes---I LIKE YOU!!!!" sigaw ko sa kanya at bumalatay ang malaking ngiti sa mukha nya! **"Aba e kung alam ko lang rin yan sa German baka naisigaw ko na! Yes! Yes! Yes! I like you!!!!! I like youuu sooo much!!!"**

"I like you more.."

"P-Psh.."

"Wag ka ng masungit.. hindi naging madali para sakin 'to ah.."

"Naaaayy may gusto ka pala sakin ah!" pang-aasar ko pa sa kanya.

"Tsh! Ikaw rin naman e.."

"Yiiieeee.. hindi nga???"

"Oo nga.."

"Hindi ako makapaniwala, Lee!!!!"

"Tsh.."

"Pero seryoso.. yung totoo???"

"Tsh! Oo nga! Zarnaih Marchessa.. I like you.."

Aaaahh...

"Yiiiieeee!!! So boyfriend na kita.. ganon???"

"W-What??"

"T-Tinatanong ko kung boyfriend na ba kita?!" inis na ulit ko!

"T-Tsh! H-Hindi mo man lang ba hahayaang ligawan kita??" inis na tanong naman nya!

"Jusko naman.. nagkaaminan na tayo't lahat e---manliligaw ka pa?! Ano ka ba naman! Dinaig pa kita?! First girlfriend mo ba ako ha?!"

"H-Hindi.."

Inis akong iniiwas ang paningin ko sa kanya..

"S-Sige.. bukas na bukas simulan mo ng manligaw.. Yung resume mo ah?! Complete details.." sabi ko at saka tumayo at pinagpag ang skirt ng dress ko.

"H-Hey.." habol nya nung astang maglalakad na ako palayo..

Ganyan nga Lee.. hahaha! Ganyang ganyan yung mga napapanood ko sa TV! Yiiiieeee! Minsan talaga.. masaya yung hindi puro basketball ang napapanood ko hahaha!

"W-Where are you going??" tanong nya pa.

"Kung saan ako dalhin ng paa ko.."

"B-Bakit nagalit ka bigla?? D-Dahil ba sinabi kong hindi ikaw ang first girlfriend ko??"

"Hindi.."

"E ano??"

"Makainarte lang.. bakit? Bawal?! Jusko naman Lee.. babae ako.. oh.. Babae 'to! Oh?! Babae di ba?! At ang mga babae.. minsan masaya sa pakiramdam nila yung makapag-inarte ka man lang tapos ayan.. ganyan.. hahabulin ka ng lalake! Suuuus.. hindi mo kasi naiintindihan.." inis na sabi ko! **"Jusmiyo.. hindi man lang hinayaang makalayu layo pako sa banda ron ng malayu layo rin ang hinabol mo!"**

"W-What?!"

"Ahh leche! Iilan ilang english lang naman ang ginagamit mo't paulit-ulit pa! Stop me okay!? Stop me!"

"N-Naih!"

"W-What ageeeyyynn???!" mala-egoy na tanong ko hehehe!

"A-Ano ka ba?? G-Ganyan ka ba talaga?!? P-Para kang baliw.."

"Ha! Parang baliw?! Ako??? Parang ba---liw????" sarkastikong tanong ko at natigilan naman sya! Pasugod akong nilapitan sya at

napapaatras naman sya habang nanlalaki ang mga mata!! **"Nakita mo na ba ang sarili mo sa salamin ha, Gozon?!"**

"Y-Yes of course.."

"Kung ganon...." nananakot na usal ko pa. **"Sinong babae ang hindi mababaliw kapag umamin ang isang gwapo'ng lalaking tulad mo sa harap nila?! Sige nga.. sabihin mo sakin! Sino!"**

Hindi sya nakasagot!

At huminto naman ako sa pagsugod sa kanya!

"Pwede ba?! Gusto kong maging normal! At ang napapanood ko sa TV ay nagtatago yung mga babae at doon ilalabas yung kilig nila! Baka pwedeng gawin ko ngayon yun!? Ang balak ko e maggagalit galitan at pupunta sa banda ron at dun ko ilalabas ang kilig ko pero kakaparanggot pa lang ang inilalakad ko hinabol mo na ako! Hindi man lang ba pwede----HUK!!!!"

Gulat akong napaiktad nung bigla nya akong hilahin at *YAKAPIN*!!!!

"Kung ganon.. dito ka sakin kiligin.. Kung saan nakikita at nararamdaman ko.." mahinang bulong ni Lee sa tenga ko..

Awwwww!!

At dito nagsimula ang love story ko...

DEIB'S POV

"I think I like you.."

"And I want you.." sinsero ang mukhang dagdag nya..

BOOOM!!

SUMABOG ANG HEARTBEAT KO!

TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!

SAPAKIN AKO NGAYOOOONN NAAAAA!!!!!!!

Hindi ko maalis ang paningin ko sa kanya at hindi ako makapaniwala sa sinabi nya!!!!!

I think I like you..

I think I like you..

Nagpaulit-ulit yun sa tenga ko yon at nagsimulang magkarera ang mga tibok ng puso ko..

Hindi ako makahinga..

Nawala ang ingay sa paligid ko at nagslow motion ang lahat..

Hindi ako makakilos..

Ultimong ang paglipad ng hangin sa buhok nya ay nag slow motion rin!!!!

Sapakin ako ngayon na!!

"Hindi ko na sinubukang pigilan kasi.. ginusto ko na rin.." nakangiting dagdag nya pa dahilan para mas lalong mahirapan akong huminga!

Kung natutulog ako.. parang awa nyo na---gisingin ako ngayon naaaaaaaa!!!!!! Gagawin kong makatotohanan lahat ng 'to habang tanda ko pa!

"At masaya akong.. narealized ko yung feelings ko.. habang nandyan ka pa.." malumanay ang pagkakasabi nya at nagsimulang makiliti ng matindi ang puso ko! **"A-Akala ko kasi.. a-aabot pa ako don sa punto'ng hahabulin kita buong buhay ko dahil hindi ko napahalagahan yung mga pinaparamdam mo sakin.. Akala ko aabot pa ako dun sa puntong.. malalaman kong gusto kita.. kung kelan wala ka na.."**

Hindi pa rin ako nakapagsalita at nanatili akong nakatingin sa kanya..

"B-But.. I wanna be honest with you.." dagdag nya. **"I know it'll be too much to ask this but.. c-can you wait patiently?? H-Hindi ko p-pa kasi kayang tapatan yung nararamdaman mo ngayon.. pero---"**

Hindi ko napigilan ang sarili kong lapitan sya at yakapin..

Mahigpit na mahigpit na yakap..

Hindi ko napigilan ang mga luha kong mangilid sa mga mata ko sa sobrang tuwa..

"You d-don't have to ask.." mahinang bulong ko. **"Kasi kahit hindi mo sabihin yan.. hihintayin kita.. Hihintayin kita hanggang sa kusang mahalin ako ng puso mo.."** dagdag ko habang tumutulo ang mga luhang gusto ko mang pigilan ay hindi ko magawa. **"Hihintayin kita hanggang sa kusa mo akong mahalin ng buong buo.."** nangingiti kahit lumuluhang dagdag ko. Pilit kong pinigilan ang hikbi ko dahil hangga't maaari ay ayaw kong ipakita sa kanya yon. **"H-Hindi mo alam kung gaano mo kong pinasaya ngayon, Taguro.. k-kaya hindi ko matanong sayo kung anong nararamdaman mo d-dahil natatakot akong malaman kung anong tunay na n-nararamdaman mo sakin---kaya kahit na g-ganon ang naging paraan ng p-pagiging mag-on natin.. h-hindi ko magawang kwestyonin ang p-pagpayag mo dahil n-natatakot akong b-baka n-napipilitan ka lang at m-mauwi sa pag-aaway natin.. H-Hindi ako natatakot sa lakas ng sapak mo.. dahil mas natatakot akong mawala ka sa buhay ko.."** hindi mapigilan ang luhang usal ko.

"H-Hindi na rin yata kita kayang alisin sa buhay ko.."

Napakahina ng pagkakasabi nya pero dinig na dinig ko sa magkabilang tenga ko!

Naging dahilan yun para mas magtuloy tuloy ang mga luha sa mga mata ko habang kumakawala ang mga ngiti sa mukha ko!

"H-Hindi ako aalis sa buhay mo.." mahinang sagot ko sa kanya na hinalikan pa ang buhok nya habang nakayakap pa rin sa kanya..

Ramdam na ramdam ko ang mga kamay nya sa likod at pakiramdam ko ay may mga baga ang kamay nya dahilan para maramdaman ko ang init ng yakap nya..

I love you.. Maxpein..

Hanggang ngayon ay natatakot pa rin akong sabihin sayo'ng I love you.. mahal kita.. Dahil alam kong hindi ako makakatanggap ng sagot..

Pero ayos lang.. dahil hihintayin kita.. Hihintayin kita kahit anong mangyari, Maxpein..

"At kung pwede.. ako naman ang maglalatag ng patakaran ko sayo.."

Kusa akong napaalis sa pagkakayakap sa kanya at tumingin ng deretso sa mukha nya.. Gulat naman syang napatingin sakin!

"U-Umiiyak ka ba?!" gulat na tanong nya pa!

Mabilis akong napatalikod sa kanya at pinunasan ang mga luha sa mukha ko!

Nakakahiya! Badtrip!!

Bading ka kasi, Deib! Tch!

"Woi.. umiiyak ka noh???" nanunuksong tanong nya pa na pumunta sa harap ko at sinilip ang mga mata ko kaya naman todo yuko ang ginawa ko!

Badtrip naman oh! Ako pa ang nagkaganito!? Tch! Kabadingan!!

H-Hindi ko naman kasi mapigilang kusang maluha e..

Nakangusong napatingin ako sa kanya at natawa naman sya..

"Tsk tsk tsk.." iling nya pa. **"Katatapos ko lang magconfess sayo tapos napaiyak naman kita?? Napakawalang kwentang girlfriend ko naman??"**

SARAP!!

"H-Hindi.." pigil ko sa kanya at saka nakangusong lumapit.

"Bakit ka umiiyak??"

"E-Eh kasi..." nahihiyang sagot ko na napigil nung makita ko syang ngumisi!!!! **"A-Alam mo ba kung gano kasarap sa pakiramdam yung s-sinabi mo ngayon lang ha?!?!?! H-Hindi pa nga ako nakakarecover d-**

don sa pagsagot mo sakin kahapon t-tapos ngayon s-sasabihin mo sakin yan???? A-Alam mo ba kung gaano kasarap sa pakiramdam yon ha??? Pwedeng pwede na akong tumalon ngayon dito dahil masasabi kong kumpleto na ang buhay ko!"

"Tss.. ang OA mo.." nakangising asar nya pa!

"W-What?!"

"Tss.."

"T-Tch! P-Palibhasa hindi mo alam lahat ng pinagdaanan ko!"

"Wow hahahahaha.. bakit?! Pinahirapan ba kita?!"

"Oo!" nakangusong sagot ko!

"Tss! Anong mahirap don sa nakakasama mo ko halos araw-araw?!"

"Y-Yung mga oras na hindi kita kasama... yun ang mahirap! Yun mga oras na hindi kita makita----mas mahirap yon! At yung mga oras na wala akong magawa kung hindi ang magselos---pinakamasakit yon! Yan! Yan ang mga dahilan para mahirapan ako sayo!" panunumbat ko.

"Tss.. hindi man lang ba yan nagawang mabura nung halik ko?!"

Pakiramdam ko ay para akong baklang tinadtad ng kolorete sa pisnge dahil ramdam kong nag-init ang mukha ko!!!!!

HINDI KO TALAGA AKALAING SI TAGURO PA ANG MAGSASABI NG MGA LINYA'NG 'TO SAKIN KUNG SAAN LALAKI AT HINDI BABAE DAPAT ANG NAGSASABI NYAN!!!

Bading ka talaga, Deib.. Tomboy naman sya!!!

Parang nanginig pa ang kalamnan ko nung alalahanin ko ang lambot ng labi nya!

Hindi ko tuloy maiwasang hindi tignan ang labi nya..

"Kung ganon.. nahirapan ka pala sakin?? Tsk tsk.. para sakin easy-to-get nako.." mayabang na usal nya pa.

Tinignan ko naman sya ng masama!

"B-Bakit naman?!" inis kunwaring tanong ko.

"Kasi kung iba yan... malamang hindi ako malalapitan.."

"B-Bakit??" tanong ko ulit.

"Yun na nga e!" sigaw nya! **"Bakeeeet! Bakeeeet sayo hindi ko magawa yon!"**

Gulat na naman akong napatingin sa kanya!

Bahagya syang natatawa habang sinisigaw ang huling linya!

"Hindi ko maintindihan kung bakit ang ibang tao na nagtatangkang ligawan ako ay hindi ako malapitan samantalang ikaw.. hindi lang lapit

ang ginawa mo.. Nagawa mo pa akong halikan ng walang kagalos galos pagkatapos! Tsk tsk.. Dagdag mo pa yung ikaw pa lang ang nakahalik sakin???" iiling iling at mayabang na tanong nya at pinandilatan ko naman sya ng mata! **"Ngayon mo sabihing.. *'ako'* ang maswerte dahil meron akong ikaw.. Enrile.. Aiishh.."** ingit nya pa!

"H-Hoy D-Del Valle.. K-Kaya nga ako nagsorry nun k-kasi h-hindi ko sinasadya----"

"Tss.. tinanggap ko ba ang sorry mo??"

"H-Ha???" gulat na tanong ko at pilit na inaalala ang mga nangyari nun..

"Hindi ko naman tinanggap di ba???" natatawang dagdag tanong nya at natigilan naman ako. **"Dahil kung tatanggapin ko ang sorry mo.. hindi na yun tutugma sa nararamdaman ko.."**

Hindi ako nakasagot!

"Napakalaking puntos non sa pagbabago ng nararamdaman ko, Sensui.." mayabang na sabi nya at hindi ko naiwasan ang nanunuksong tignan sya!

"I-Ikaw ah!" panunukso ko sa kanya! **"Nagustohan mo rin pala.. naggalit galitan ka pa.."**

"Tss.. Nabadtrip talaga ako nun nung una kasi syempre bawas angas yon.. May nagawa ka saking hindi pa nagagawa ng iba e.." mayabang pa ring sabi nya at nginitian ko naman sya.

"Oh sige.. ilatag mo na ang patakaran mo.." inilabas ko ang cellphone ko. **"Linawan mo kasi irerecord ko.."** natatawang sabi ko pa.

"Tss.. bakit naman irerecord mo pa?! Hindi mo ba matatandaan?!"

"Matatandaan.. Lahat nga ng sinabi mo.. nasa puso't isip ko pa.. Hahahaha! Gusto ko lang talagang irecord para may malinaw na ebidensya.."

"Kalokohan.."

"Sabihin mo na.."

"Hindi na.."

"Sabihin mo na.. Please?? Taguro.. Babe.."

Tumingin sya sakin ng matalim pero sinuklian ko yun nang nanunuksong tingin kaya naman nung umasta syang magsasalita na ay mabilis kong itinapat ang recorder ng cellphone ko sa bibig nya..

"Ang nag-iisang patakaran ng hambog na Taguro ay maski isang beses ay *'hindi pwedeng masaktan ang kanyang Sensui'*.. sa kahit anong

paraan at sa kahit saang paraan.. HIN..DI.. PWE..DE.." matamis na ngiting sabi nya habang nakatingin sa mga mata ko kaya naman hindi ko na naman napigilan ang sarili kong *YAKAPIN* sya.

Nakangiting pinindot ko pa ang cellphone ko at ibinalik yun sa bulsa ko para mayakap sya gamit ang dalawang kamay ko.

"You're making me fall in love with you more and more, Maxpein.." bulong ko.

"Ayos lang yan.. yan naman ang sabi mo sakin di ba?? Na wag ko hayaan ang sarili kong mahalin ka ng todo dahil gusto mong mas mahal mo ko??"

"Hahahhaha natandaan mo pa yun??"

"Tss.. matalas ang memorya nito.. Aanhin ko ang yabang ko kung marupok naman ang memorya ko.."

Natatawang inilayo ko sya sa pagkakayakap ko at tinitigan sya sa mga mata..

"Bakit nga ba ang yabang mo??" natatawang tanong ko.

"Isa kasi yun sa mga talento ko.."

"At kailan pa naging talento ang kayabangan?! Tch!" tanong ko.

"Simula nung ipanganak ako.." natatawang sagot nya. **"Isa yun sa talento ko kasi hindi ko kakayaning mabuhay sa mundo kung hindi ko paiiralin ang kayabangan ko.. masyadong mahirap ang pinagdaanan ko.."**

Ramdam ko ang bigat ng sinabi nya..

"At kung magpapatalo ako sa hirap ng buhay ko.. hindi ako tatagal.."

"T-Taguro.."

Nailayo ko ang sarili ko sa kanya dahil sa sinabi nya..

"Buti na lang dumating ka.." nakangiting sabi nya kaya naman nagliwanag ang mukha ko at napangiti rin sa kanya. **"Mukhang mas madadagdagan ang yabang ko.. Tsk tsk.."** iiling iling pang sabi nya. **"Pero.. mukhang ikaw rin ang magiging kahinaan ko.."**

"H-Ha?? B-Bakit??"

"Kasi.. kapag nakita kong nasasaktan ka.. parang nasasaktan na rin ako.. Nakakapanghina ka.."

"Hahaahahahah!" hindi ko mapigilang matawa sa sobrang tuwa! **"Tch! Kung ganon e.. w-wag mo rin akong saktan!"**

"Mukhang hindi ko rin yun mapipigilan.." malungkot kunwaring sagot nya at natigilan ako.

"B-Bakit naman!?"

"Tss.. banggitin ko nga lang yung *'Randall'* hindi na magkamayaw yang mga bagang mo e hahahahah!!!"

"S-Siraulo ka ah!" sigaw ko sa kanya.

"Aray nga dyan..." pang-aasar nya pa at saka hinawakan ang kamay ko!

"Tara don..." sabi nya na isinenyas pa ang nasa dulo ng tuktok na yon..

At don ko lang napansing mas maraming puno pala ang nandoon!

Mas magaganda at malalagong puno!!!

Doon ko lang napansing kaya hindi kami pinagpawisan dahil hindi nagtigil ang ihip ng malakas na hangin!

May isang malaking pathway na pinaggigitnaan ng naggagandahang puno..

"Mas marerelax ako kung ikaw ang kasama kong tignan yon.." sabi nya na animong sinisilip pa ang mga puno!

Hindi ko akalaing ganito pala magkagusto ang isang Taguro.. ang isang Maxpein Zin del Valle.. tsk tsk tsk.. tunaw na tunaw na ang puso ko hahahahahahahaha!

Kaya naman hindi ko na naman napigilan ang sarili kong hilahin sya papalapit sakin at yakapin sya!

Ramdam ko ang pagkagulat nya!

"Pwede ba tayong maglakad habang magkayakap?? Parang ayaw na kitang bitiwan.."

"T-Tss.. h-hindi ako makahinga!"

Napapahiyang nailayo ko sya..

"S-Sorry.." usal ko pa.

"Tss.. dahan dahan naman sa kilig brad.. " biro nya pa na tinapik ang balikat ko.

Hindi ko mapigilan ang ngitian sya ng todo todo..

"Tara???" yaya nya pa at tinanguan ko naman sya kaya naglakad kami papunta doon.

Sabay naming tinginan isa-isa ang mga puno kaya naman inilabas ko ang camera ko at nagpicture pa kami..

"One.. Two.. Three.." bilang ko pa bago pindutin ang shutter.

"Andami na.. tama na yan.." nakasimangot ng sabi nya.

"Damihan natin para mas maraming memories!" nakangising sabi ko pa!

"Tss.. sa ibang araw naman.. nandito tayo para magrelax.. hindi para magpicture.."

"Tch! Killjoy naman 'to.."

"Kasi.. hindi lang 'to ang alaalang kaya kong ibigay sayo.."

Haaaaayyysss.. Taguro.. Taguro.. Taguro.. Tsk tsk tsk!

"Wag ka ng tumangge.. napagod ako e.." dagdag nya pa!

"Tch! Saan ka naman napagod!" inis na tanong ko.

"Woi.. baka hindi mo alam??? Naubos ang lakas ko sa ginawa kong pag-amin sayo don kanina?!" mayabang na tanong nya pa na itinuro ang pinanggalingan namin habang nakatingin sakin!

"Hahahahaha!!!" hindi ko na naman napigilang matawa sa tuwa!

"Tss.." singhal nya at saka mabilis na naupo sa isang sementong upuan doon at tumingala sa puno..

"Hindi rin naman naging madali para sakin noon na sabihin ko sayo yung nararamdaman ko ah???" nakanguso kunwaring tanong ko pa. **"Naging mahirap rin sakin yun dahil.. syempre.. sa isang napakatinong Maxpein del Valle?? Aamin ang isang gwapo'ng Enrile?? Hahahahaha.. ang labo! Kaya naman.. kung nahirapan ka.. ganon rin ako.. Pero kahit na nahirapan ako noon.. ngayon ko masasabing.. hahahaha! Success!!!!"**

Hindi nya ako sinagot... Ngumiti lang sya at tumingin sa iba habang nananatiling nakangiti pa rin..

Nanatili naman akong nakatingin sa kanya..

Hindi ko mapigilan ang sarili kong mamangha habang nakatingin sa kanya..

Hindi lalo ako makapaniwalang akin ka na dahil gusto mo rin ako, Taguro.. Excited na akong dumating yung oras na sabihin mo naman saking mahal mo rin ako..

"Hindi ako mapapagod maghintay sayo.. Taguro.."

"H-Ha??" takang tanong nya.

Hindi ko namalayang nasabi ko yun!!!

"A-Anong sabi mo??" tanong nya pa na inaaninag ako!

"A-Ahh.. w-wala.. Hehehehehe..."

Lumapit ako sa kanya at naupo sa tabi nya..

"Sana hindi na matapos ang araw na 'to..." sabi ko pa habang nakatuon ang magkabilang kamay sa bench at nakatingin sa kanya.

Mabilis naman nyang ibinaba ang paningin mula sa puno papunta sakin. Blangko ang emosyon ng mukha nya.

"Bakit naman?" tanong nya.

"Kasi ayaw ko nang matapos 'tong araw na 'to.. gusto lang kitang makasama at ayaw kong mawala ka sa paningin ko.."

"Tss.. marami pa akong gustong gawin sa buhay ko.. Okay??? Kaya wag kang makasarili.. patapusin mo 'tong araw na 'to.." biro nya.

"Tch.. hindi man lang maging sweet.." nakanguso kunwaring sabi ko at natatawa naman syang pinagmasdan ang mukha ko.

Matagal nyang pinagmasdan ang mukha ko bago tuluyang magsalita habang nakangiti pa rin..

"Mukhang pagsisisihan mong naging tayo.."

"B-Bakit naman?!" gulat na tanong ko.

"Kasi.. hindi ako kasing sweet nung babae'ng napapanood mo.. Hindi ako sing lambing nung mga babae'ng naririnig mo sa mga kwento ng mga kapwa lalaki mo.. Hindi ako sing ganda nung babae'ng napagmasdan mo.. at higit sa lahat.. hindi ako sing perpekto ng mga babae'ng nasa deskripsyon ng mga libro.. Iba ako sa lahat ng babae'ng nakilala mo.."

"Pero lahat ng imperfections mo.. nagustohan ko.." sagot ko at napangiti naman sya.

"Sinasabi ko lang sayo 'to para aware ka.." nakangiti munit seryosong dagdag nya. **"Kung inaasahan mong ako yung tipong hahalikan ka sa twing magkikita tayo nagkakamali ka.. Kung inaakala mong ako yung babae'ng yayakapin ka kapag kinikilig sa mga sinasabi mo.. mas nagkakamali ka.. Kung inaakala mong ako yung babae'ng tatawagan at itetext ka kapag namimiss ka.. Hindi ako ganon.."** mahabang paliwanag nya at hindi ko naman napigilan ang sarili kong..

MALUNGKOT..

E pano nya pa maipaparamdam saking mahal nya ako!? Tch! Kaya nga hindi ko naramdamang gusto nya rin ako dahil dyan sa ugali nyang yan!

Ramdam ko ang pagbagsak ng mga balikat ko munit pilit kong hindi ipinahalata sa kanya ang naramdaman ko..

"Pero.. once na nagsalita at kumilos ako.. Paniguradong tatatak yun sa isip mo.. at pati puso mo apektado.. Hahahahahahahaha!!!"

Gulat akong napatingin sa kanya nung bitiwan nya ang huling linya'ng yon..

"Nakakatawa pero.. t-totoo yang sinabi mo.." nakangising sagot ko sa kanya.

"Mmm.. parte ng kayabangan yon.."

Hambog talaga..

Huminga ako ng malalim habang nakangiti pa rin..

At saka ko sya muling nilingon..

"Nakakatawa lang na.. imbes na ako ang n-nagpapakilig sayo.. ako pa ang pinapakilig mo.. Napakarami mong bagay na nagagawa sakin Taguro na.. bukod sa hindi ko inaasahang magagawa o gagawin ng isang babae.. mas hindi ko inaasahang ikaw pa ang gagawa sakin.. Mmm.. N-Nung una.. naisip ko.. *'Imposibleng.. may gusto ako sa babae'ng 'to.. Tch! Si Taguro??? Ang isang Taguro?? Magugustohan ko?? No way!'*.. Tch.. Sabi ko pa sa sarili ko.. maaaring nachachallenge lang ako dahil hindi common para sakin ang personality mo.. Na nachallenged lang ako dahil marami kang nagagawa sakin na hindi nagawa ng babae'ng binully ko noon.." nakangiting sabi ko na tumingin pa sa kanya. **"Pero anong nangyari?? Nahulog ako sayo.. at ang mas matindi pa non?? Naging dahilan lahat ng mga bagay na nagawa mo sakin para mas lumala yung nararamdaman ko para sayo hehehehehehe.. Tulad na lang yung mga pagliligtas na ginagawa mo sakin.. Kung tutuusin.. ako dapat ang gumagawa non sayo.. ako dapat ang prumoprotekta sayo.. p-pero hindi ko magawa.. Ikaw pa 'tong mas malakas kaysa sakin.. N-Nakakahiya.."** bahagyang nalungkot na sabi ko pa.

"Tss.. ano namang nakakahiya don?" medyo seryosong tanong nya na nilingon ako.

"N-Nakakahiya kasi.. imbes na ikaw.. ako dapat ang prumoprotekta sayo.. S-Syempre.. babae ka.. lalaki ako.. d-dapat lang na ako ang magligtas sayo.. hindi yung ikaw na lang parati ang nagliligtas s-sakin.."

"So.. kailangan ba laging.. lalaki ang super hero??"

"H-Ha?? H-Hindi hehehehe.. h-hindi naman sa ganon pero kasi.. hindi ako s-sanay ng ganon.. S-Syempre.. k-kahit na sinong boyfriend g-gustong maprotektahan yung t-taong m-mahal nila.."

"Pwede mo naman akong maprotektahan sa ibang bagay.. di ba??"

"H-Ha?? P-Pano??"

"Protektahan mo ang puso ko hehehehehe.." natatawang sagot nya at hindi na naman napigilang mapangiti.

"A-Ang korni mo.." pang-aasar ko pa sa kanya!

"Hahahahahaha.. sumasabay sa uso e.."

"Tch.. pero seryoso.. natatapakan ang pagkalalaki ko hahahahahahaha!"

"Tss.. wala akong pakialam sa pagkalalaki mo.. mas intindihin mo ang patakaran ko.. Hindi pwedeng masaktan ang Sensui *'ko'*.."

Hahahahahahahahahahahahahaha!!!!! Tsk tsk tsk.. Taguro.. Taguro.. Taguro...

"Ikaw ah.. hehehehehe.. Hindi ko man lang naisip na g-ganyan ka pala magkagusto... Hehehehehe.." biro ko pa.

"Bakit??"

"N-Nakakakilig hahahahahaha! Pucha kalalaki kong tao---daig ko pa ang babae kung kiligin sa mga pinagsasasabi mo! Hahahahahahaha! Yung yabang mo.. hindi nakakainis e! Nakakakilig na nyahahahahahahaha!"

"Tss.. baliw.."

"Baliw sayo---oo hahahahahahaha!"

"Ayos lang yan.. isipin mo na lang.. ako ang mental mo hehehehehe.."

"Hahaahahahahaha!!!!" at sabay kaming natawa..

"Pero.. bakit nga ba anggaling mong magpakilig??" tanong ko at nilingon nya naman ako at ngumiti na parang nag-iisip pa.

"Mmm.. nakakakilig ba talaga??" nakangiting tanong nya at mabilis akong tumango.

"Sobra hahahaha.. parang pinipisil yung puso ko.. hahahahahah! Daig ko pa babae! Badtrip hahahhha!"

"Mmmm.. siguro dala na lang 'to ng boyish personality ko.." nakangiting sabi nya. **"Hindi kasi ako yung tipo ng babae'ng girly masyado.. siguro ganon.. ewan ko.. Para sakin kasi.. sinasabi ko lang kung anong naiisip ko hehehehe.."**

"Weird!!! Pero hahahahahaha.. Effective masyado!!!! Nyahahahahahaha!!!"

"Edi ayos.. tatagal tayo.."

"I-Ikaw ah! Hahahaha!" biro ko sa kanya.

"Tss.. kinilig ka naman.."

Ilang asaran pa ang namagitan saming dalawa bago kami muling mapunta sa seryosong usapan..

"Mmm... P-Pwede ko bang malaman kung k-kailan mo narealized na m-may g-gusto ka na rin sakin??" utal na tanong ko.

"Mmmm.. ang totoo.. hindi ko alam kung kelan talaga eksaktong nagsimula.. Biglaan na lang e.. Pero nung gabing umalis ka sa bar.. don ako simulang magtanong sa sarili ko.."

"N-Nang ano??"

"Kung anong pwede kong gawin para mawala yung galit mo..??" seryosong sabi nya na tumingin pa sa mga mata ko at saka nakangiting bumuntong-hininga at muling tumingin sa mga puno. **"Tinatanong ko ang sarili ko kung ano bang ginawa ko't ganon na lang ang naging galit mo?? H-Hindi na kasi ako sanay ng hindi ka dumidikit sakin twing dadating ako.. tapos bigla kang nagkaganon.. iniiwasan mo ko.. Nabadtrip ako.."**

Hindi ko maiwasang hindi mapangiti dahil ngayon alam ko ng apektado rin pala sya sa mga paglayo'ng ginawa ko..

"Nung Friday morning pa lang.. hindi na maganda ang pakikitungo mo sakin.. hanggang sa maghapon.. Tapos kinabukasan.. paggising ko wala ka man lang text.. Tss.."

"Alam mo rin bang naging mahirap sakin yung ginawa ko??" nakangusong tanong ko.

"Tss.. ginusto mo yun e.. paghirapan mo.."

"A-Ang yabang mo talaga.." inis kunwaring sagot ko. **"Pero hindi ko na pinagsisisihang ginawa ko yun hahahahahaha kung ganyan naman pala kaganda ang naging epekto sayo.."**

"Tss.. subukan mong ulitin.. hinding hindi kita hahabulin.." banta nya at napanganga naman ako!

"T-Tignan mo 'to! H-Hoy.. h-hindi naman ako nagpapahabol sayo ah!"

"Oo nga.. kaso hindi kinaya ng katawan ko e.. ayun kusang humabol sayo hahahahahahaha!!!!"

Hahahah tsk tsk tsk.. Taguro.. Taguro.. Taguro...

Napapangiting mas lumapit ako sa kanya at hinawakan ang kamay nya..

Bahagya ko pang iniharap ang katawan ko sa kanya at tinitigan sya..

"Bakit ba ang galing mong magpakilig??" nakangiti munit seryosong tanong ko. **"Kasi alam mo.. dapat ako ang nagsasabi ng mga yan.. at ikaw dapat ang nakakaramdam ng kilig na nararamdaman ko.. Sabihin mo nga sakin.. nakakaramdam ka ba ng kilig ha??"** pang-aasar na tanong ko sa kanya.

"Mmm.. nakakaramdam naman siguro.."

"H-Ha??"

"Hahahahahahaha!!! Nakakaramdam kasi ako ng kilig.. kapag ikaw ang napapakilig ko.."

"A-Ano??" gulat na tanong ko.

"Tss.. weird na naman?!" sarkastikong tanong nya. **"Ewan ko ba.. yun ako e.. Nakakaramdam naman siguro ako ng kilig sa mga pahaging haging mo pero kadalasan hindi talaga.. Hindi ako yung tipong maiihi sa kilig kapag hinalikan mo.. hindi rin ako yung tipong magtatatalon sa tuwa kapag binigyan mo ng tsokolate at bulaklak.. Kasi mas kinikilig ako twing makikita kong kinikilig ang tao'ng gusto ko.."**

"K-Kung ganon.. k-kinikilig ka rin pala kapag kinikilig ako?????" tanong ko.

"Huli mo balbon!" sigaw nya na itinuro pa ang mukha ko!

Nagtama ang paningin namin at...

"Hahahahahahhahahahahahahahaha!!!!" sabay na naman kaming natawa sa isa't isa..

Ilang segundo rin kaming nanatiling ganon at sya ang kusang humarap sakin ngayon..

"Ngayon.. girlfriend mo na ako.. at bukod don.. may feelings na ako sayo.. di ba???"

"M-Mmm.." nagpipigil ng ngiting sagot ko.

Para na naman akong hinahabol ng mga puso!

Hindi ko maialis ang mga matatamis na ngiti sa mukha ko na para bang mapupunit ang mga labi ko sa sobrang lawak ng ngiti ko!

Kahit na bahagyang sumeryoso ang mukha nya ay hindi ko pa rin magawang alisin ang mga ngiti ko habang nakatingin sa kanya!

"Ano pa ba ang pwede kong gawin... para hindi ka magselos sa ibang tao?? Sa kahit na kaninong tao.." seryosong sabi nya!

HUMINTO ANG MUNDO!!!!

TOTOONG HUMINTO ANG MUNDO!!!!

TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!

Ano pa ba ang pwede kong gawin para hindi ka magselos sa ibang tao?? Sa kahit na kaninong tao..

Ano pa ba ang pwede kong gawin para hindi ka magselos sa ibang tao?? Sa kahit na kaninong tao..

SAPAKIN AKO NGAYON NA!!!! TADYAKAN RIN AKO KUNG KAYA!

TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG

Bakit ba ganyan ang mga tanong mo Taguro?! Hahahahahahahahaha!!!! Tsk tsk tsk! Pano mo nagagawang tunawin ng ganito ang puso ko??

Matatamis ang mga ngiting naglabasan sa bibig ko at hindi ako makapagsalita sa sobrang sarap ng pakiramdam na nararamdaman ko..

"Kinikilig ako lalo sayo.." hindi ko napigilan ang sarili kong sabihin yun.

"Pero hindi yun ang intensyon ko.." natatawang sabi nya. **"Ang gusto ko lang naman e malaman kung anong pwede kong gawin para hindi ka na makaramdam pa ng selos sa ibang tao----"**

I KISSED HER.

And that kiss lasted for..

10

9

8

7

6

5

4

3

2

1

Seconds...

Pareho naming habol habol ang hininga nung magbitiw ang mga labi namin..

Mabilis kong naiiwas ang paningin ko sa kanya dahil nangibabaw ang hiya sa pagitan naming dalawa..

"G-Grabe ka palang kiligin.."

Gulat akong napalingon sa kanya nung sabihin nya yun..

Naghahabol pa rin sya ng hininga at tumingin pa sakin na parang nagtataka..

"Ano bang kahalik halik don sa sinabi ko??" tanong nya pa!

Ha! H-Hindi talaga ako makapaniwala sa babae'ng 'to!

"H-Hindi ba pwedeng kiligin ka na lang!?" inis na tanong ko! **"S-Sinisira mo yung magandang moment e!"**

"Tss.."

"Ang *'kiss'* ay hindi pinaplano Taguro! N-Nangyayari yon sa mga oras na hindi mo inaasahan!"

"Tss.. anong malay ko?! Ikaw nga first kiss ko, di ba?!"

Gulat na naman akong nilingon sya at...

Ayun na naman ang hindi mapigilang ngiti ko!

"Tss.. patay na patay ka sakin e noh!?" mayabang na tanong nya!

"A-Ang kapal ng mukha mo!"

"Tsk tsk.. Sensui.. Sensui.. Sensui.."

Gulat lalo akong napatingin sa kanya ng ilang beses nyang banggitin ang Sensui habang umiiling pa!!!!

"G-Ganyan rin ang ginagawa ko sa isip ko..." sabi ko na nakaturo pa sa kanya!

"Alin!?" inosenteng tanong nya!

"Y-Yan!!! Y-Yang T-Taguro.. Taguro.. Taguro.."

"Eh???"

"S-Sa isip ko.. t-twing kinikilig ako.. sinasabi ko sa isip ko.. T-Taguro.. Taguro.. Taguro.. habang umiiling pa ako!" paliwanag ko at tumango tango naman sya!

"Ahh.. so ano na namang feeling mo?! Hahahahaha.. Na meant to be tayo?! Tss.. May mga bagay na nagkakataon lang Sensui.."

"Pero hindi ang ngayon...." mayabang na sabi ko.

"Mmm.. dahil ito ang tinatawag na.. destiny... hahahahaha!"

"T-Tch! Kay Gonza na yung Destiny e!"

"Tss.. nagsali ka na naman ng mga tao'ng hindi kinakailangan.." nakangiwing sabi nya pa at napatiklop naman ako.

"S-Sorry.."

"Wag ka kasing magbabanggit ng ibang pangalan kung hindi naman kasali sa usapan at hindi kinakailangan.." seryosong sabi nya pa na iniiwas ang mukha nya sakin..

"S-Sorry na.."

"Tapos magseselos ka.. Tss.. kalokohan.." parang lalaki na namang sabi nya.

"T-Taguro.. S-Sorry na.."

"At wag ka ngang hihingi ng sorry kung wala ka namang ginawang kasalanan.." salubong ang kilay na sabi nya.

"Tch! Hindi ako ikaw.. okay!? Magsosorry ako kung kailan ko gusto.."

"Magsosorry ka lang kung kelan kelangan.."

"Malamang.. alangang magsorry ako ng walang dahilan?!" pang-aasar ko sa kanya.

"Kaya kung ayaw mong magsorry wag ka ng gumawa ng dahilan.."

"H-Huy.. baka naman galit ka na nyan??" tanong ko.

"Hindi.."

"H-Hindi nga?"

"Hindi nga.."

"E bakit g-ganyan ka?"

"Ano ba ako??"

"Galit ka yata e..??"

"Hindi nga.."

"Yung totoo..??"

"Tss.. hindi nga.."

"E ano lang??"

"Nagyayabang lang.. hehehehe..."

Ang wirdo! Tsk!'

Magsasalita na sana ako nung biglang..

~RINNNGGG!!!! RINNNGGGG!!!~

Kinuha ko ang cellphone ko sa bulsa ko..

"S-Si Tob.. Saglit lang.." sabi ko pa kay Taguro at saka tumayo at sinagot yun. **"Hello??"**

"Dre.. ano?? Hindi ka pa ba tapos dyan!? Hahahahahahahaha!!!!" tanong nya at narinig ko pa lang ang tawa'ng yun ni Tob ay parang gusto ko na ring matawa!

"Bakit? Namiss mo na naman ako, dre?!" biro ko!

"Hahahahahahahaha! Sobra, dre! Kaya tara na! Gutom na ang reyna ko!"

"Tch! Bakit hindi mo pa pakainin!?"

"Psh! Makakakain ba naman ako ng wala kayo ni Papa Lee?? Hahahaha! Tara na! Sabay sabay na tayo!"

"Sige sige.. pababa na kami dyan hehehehehe.."

"Oo pakyu.. nakita ko kayo! Paakyat akyat pa kayo dyan sa hagdan ah! Hahahahahahaha!"

"Hahahahaha!!!!" malakas na tawa ko!

"Ano, dre!? Nagwish ka ba nung makarating ka sa tuktok?! Hahahahahahah!"

"Hindi ko na kailangang magwish, dre.. dininig na agad! Hahaha!"

"Pucha hahahaaha! Congrats! Sya tara! Ikain natin yan!"

"Oo sige! Papunta na kami dyan!"

"Sige.. nandito na rin sila Lee at Parrot! Kumikinang si Lee, dre!"

dO__Ob

"Ha?! Hahahha! Bakit?!"

"Pucha mukhang may something na rin sila ni Parrot! Hahaha lakas mo makaimpluwensya hahahaha!"

"King ina.. celebration na 'to, dre!"

"Hahahahaha ano pa nga ba!? Wala pa man e mukhang champion na champion na tayo ah hahahaha!"

"Nice nice.. o sige na.. bababa na kami ni Taguro dyan.."

"Geh.. hihintayin na namin kayo dito.."

Napangiti pa ako sa cellphone ko at saka muling humarap kay Taguro na nakatingin na sakin..

Ang sarap talaga sa pakiramdam na.. titignan pa lang kita---nakatingin ka na hehehehehe..

Nakangiti akong muling lumapit sa kanya..

"Kakain na daw.." sabi ko sa kanya.

"Mmm.. sakto.. nagugutom na rin ako e.." sabi nya at saka tumayo at hinimas pa ang tiyan nya.

"Let's go.." yaya ko na inialok ang kamay ko..

Nakangiti naman syang inabot yun!

Pagkababa ay sya rin ang kusang umalis mula sa pagkakahawak sa kamay ko pero hindi naman sumama ang loob ko hahahaha!

Masyadong maraming magagandang nangyari para makaramdam ng pangit, Deib hahahahahhaha! Taguro.. Taguro.. Taguro..

"Oh.. san tayo??" tanong ko pa sa kanila.

Matapos naming pag-usapan kung saan ang punta namin ay nagtungo agad kami ron para kumain..

Saglit pa kaming nagkwentuhan at nagtagal doon..

Tawanan..

Biruan..

Kulitan..

At kung anu-ano pa..

Nung pauwi ay ako pa rin ang naghatid kay Taguro at si Lee naman kay Parrot habang si Tob naman kay Michiko..

Natulog na naman sya sa byahe..

Mas naging mabilis ang byahe pauwi kaya naman mahigit isang oras lang ay nasa bahay na nila kami..

"Oh.. yung regalo ko.. baka makalimutan mo.." paalala ko pa na iniabot muli sa kanya ang paperbag.

"Mmm.. salamat nga pala.."

"Basta ikaw hehehehehe.. Sana magustohan mo.."

"Ano ba 'to?"

"W-Wait!" pigil ko sa kanya nung akmang bubuksan nya 'to! **"M-Mamaya mo na tignan k-kapag mag-isa ka na lang.."**

"S-Sige.."

"H-Hehehehehe n-nahihiya ako e.."

"Tss.. bading.."

"A-Ano kamo?!" inis na tanong ko at ngumisi lang sya!

Loko'ng 'to ah..

"Gusto mong pumasok??" tanong nya pa habang pinupunasan ang magagandang mata nya.

Hindi ko maiwasang ngitian sya..

"Woi.. gusto mo ba kakong pumasok??" ulit nya pa.

"H-Hindi na.." nakangiting sagot ko. **"Baka kasi hindi na ako makaalis kung mag-i-stay pako.."**

"Hahahaha.." mahinang tawa nya. **"Ikaw bahala.."**

"Mmm.. Taguro?"

"Mmm??"

"P-Pwede ba nating gawin 'to.. l-linggo linggo??" nakangiting tanong ko na umaasa'ng sumagot syang *OO*!!!!

Sana pumayag sya!

Pumayag ka! Please!

Sana po pumayag sya!

"May trabaho ako every weekends e.."

Gulat akong napatingin sa kanya sa sagot nya..

"O-Oo nga pala.." napapahiyang sagot ko na bahagya pang bumagsak ang mga balikat.

"Pero.. okay lang sakin kung.. a-araw-araw nating gagawin 'to.."

Kahit na seryoso ang mukha nya ay hindi ko pa rin nagawang pigilang mangiti ng todo!

"Hahahahahaha ikaw ah! Bawing bawi ka ah!?" biro ko at natawa naman sya! **"T-Talaga?? Papayag kang magdate tayo araw-araw??"**

"Mmm.. kung yun ba ang ikasasaya mo e.. Why not?"

"Tch.. bakit ako lang??" nakangusong tanong ko.

Tsk tsk tsk.. Taguro.. Taguro.. Taguro..

"Talaga?? H-Hehehehe.. sige sige.. gagawin natin yan.." sabi ko at tumango naman sya. **"Mmm.. b-bakit nga pala k-kailangan mong magtrabaho???"** derekatang tanong ko at sumeryoso naman sya.

"Kasi kailangan kong mabuhay.."

"H-Ha?? E-Eh.. h-hahahaha.." tumawa pa ako kunwari. **"S-Sa y-yaman ng pamilya nyo... h-hindi ka ba nila kayang buhayin?? I-Ibig kong sabihin.. M-Max.. b-buong Laguna ay halos p-pag-aari nyo daw---"**

"Nila.. Pag-aari nila lang, Deib.."

"B-Bakit ba D-Deib ka ng Deib! Babe nga sabi!"

"Tss.. magkatunog naman e.."

Badtrip talaga 'to!

Pero hindi na ako nagpilit at nginusuan ko na lang sya at muling ibinalik sa topic ang usapan.

"H-Hindi ko maintindihan e.. B-Bakit kailangan mo pang magpakahirap ng ganyan kung p-pwedeng pwede ka namang tulungan ng pamilya mo?? I mean.. y-yung D-Dad mo?? S-Si More?? H-Hindi ka ba nya pwedeng kunin at don na lang sa Mansion nyo patirahin??"

"Si Maze ang madalas don.. si Dad ay sa labas ng bansa nakatira.. Hindi ako matatagalang makasama ni Maze sa iisang bahay at ganon rin ako sa kanya---"

"Pero bakit nga kailangan mo pa'ng magtrabaho??? H-Hindi ba pwedeng suportahan nila ang mga needs mo??"

"Pwede.."

"Oh e bakit hindi nila gawin??"

"Dahil ayaw ko.."

"B-Bakit??" tanong ko.

"Kasi.. takot akong masumbatan.. Takot akong tumanggap ng may kapalit.. Takot akong madisappoint ko ulit sila.. At mas natatakot akong umasa'ng okay na kami.. pero hindi pa pala pagdating ng huli.."

"B-Bakit mo kasi iniisip yan??"

"Kasi.. nagawa na nila sakin noon.. Hindi imposibleng magawa ulit nila sakin ngayon.." bumuntong-hininga pa sya at saka tumingin sakin. **"Mas masaya ako sa buhay ko ngayon.. kung saan hindi ko kailangang makihati sa pamilya nila.. Hindi naman sa isinasantabi ko ang sarili ko.. ayaw ko lang talagang bumuo ng gulo sa pagitan nila.. Alam ko naman kasing kahit na anong gawin ko.. kampi pa rin sakin ang Daddy at mga kapatid ko.. Okay na rin naman kami ni Chairman Moon kahit papano.. pero kapag kaming dalawa na kasi ni Maze ang nagkabangga.. nababago lahat.. Namamanipula nya'ng lahat.. Ayaw ko ng mangyari yung nangyari noong.. nagawa akong pagsalitaan ng masasakit nung mga tao'ng malapit sakin ng dahil lang sa gulo'ng meron kami ni Maze.. Ayaw ko na lang makagulo dahil nakikita kong ayos rin ang takbo ng buhay nila kapag wala ako.."** mahabang paliwanag nya at natigilan naman ako.

"E-Eh pano ka??"

"Anong pano ako??"

"M-Mahirap mamuhay mag-isa.. w-wala kang malalapitan kapag nangangailangan ka---"

"Nandyan si Naih.."

"Oo nga pero.. iba pa rin yung may pamilya ka.."

"Pamilya ko si Naih.."

Ang tigas ng ulo!

"O-Oo nga.. pero iba pa rin yung tunay mong kapamilya?? M-Max.. k-kahit na ano kasing pagmamatigas mo.. s-sila pa rin ang pamilya mo.."

"Alam ko.. pero sadyang hindi pa 'to yung tamang oras para bumalik ako.. Sana maintindihan mo.."

Kusa akong natahimik sa sinabi nya..

"Kung inaalala mo ang lagay ko.. puntahan mo ko.. Ikaw ang bahala sakin.."

TUG!*DUG!*TUG!*DUG!TUG!*DUG!TUG!

"Talaga??? Pwede kong gawin yun??" nangingiting tanong ko pa.

"Mmm.. idedate mo ko araw-araw, di ba?!"

"Hahahahahahahaha! Gagawin ko yan ah! Kapag ikaw.. tumanggi.. Yari ka sakin.."

"Tss.. sinong tinakot mo??"

"Hahahahaha! Wala nga pa lang takot ang isa'ng Taguro del Valle.."

"Meron.."

"S-Sino??"

"Si Sensui Enrile.."

Hindi ako nakapagsalita!

"Kapag nagalit si Sensui Enrile.. hindi na mapapakali si Taguro del Valle hahahahaha!"

"Hahahahahahahaha!!!" hindi ko napigilan ang sarili kong tumawa.

"Tss.. kilig na naman ba!?" mayabang na tanong nya pa at nginusuan ko naman sya. **"Sige na.. umuwi ka na.. Inaantok na ako.."**

"Ang aga naman!?"

"Mmm.. gigising na lang ako mamaya before dinner.. Ingat ka pauwi.." sabi nya na tinapik pa ang braso ko at astang bababa pero pinigilan ko sya!

"Wait!" sabi ko at saka mabilis na bumaba at pinagbuksan sya ng pinto.

"Tss.. effort ah!?"

"Ganon talaga.. in love e.."

"Tss.. dalawang linggo.."

"A-Anong dalawang linggo??" kabadong tanong ko.

"Mga dalawang linggo lang yang effort mo.. hahaha!"

"H-Hindi ah! Kaya kong gawin sayo 'to hanggang matapos ang buhay ko!"

"Sabi mo e.." mayabang na sabi nya at saka naglakad papalapit sakin. **"Papasok nako.. mag-iingat ka pauwi.."**

Masyadong malapit ang mukha nya sakin!

"Umalis ka ditong walang galos kaya makikita kita bukas ng maayos.. malinaw??" sabi nya pa!

"Y-Yes Boss Babe!" parang sundalo'ng sagot ko! **"Heheheheheehe.."**

"Tss.. sige na.. sibat na.." sensyas nya pa at saka..

Hinawakan ang pisngi ko at *PINISIL* yon!!!!

Si Mommy lang ang gumagawa non!

"Bukas na lang.." sabi nya at saka pumasok sa loob!

Sinundan ko pa sya ng tingin hanggang sa makaakyat sya ng hagdan at nung hindi ko na sya matanaw..

Huuuuuummmm...

Doon ko pinakawalan ang pinakamasayang buntong-hininga ko!

Hahahahahaha!!!!

Tiningala ko pa ang kwarto nya nung makita kong magbukas ang ilaw don at saka ako pumasok sa kotse ko at inilabas ang cellphone ko at nagtext..

Compose Message

~ ♥♥♥ TAGURO ♥♥♥ ~

Babe, aalis na ako.. =)

Thank you for this day..

This very special day.. Sana bukas..

Ikaw ang unang anghel na makita ko..

I love you..

Message Sent!

Ang sweet sweet ko talaga hahahaha!!!!

At masayang nagmaneho ako pauwi!

Pagdating ko sa bahay ay agad akong sinalubong ni Mommy ng pa-kwento! Kaya naman kinuwento ko sa kanya ang lahat! Maliban sa isa!

ANG PAGHALIK KO KAY TAGURO!

Hindi ko pa kayang ikwento yon sa kanya!

Pagkapasok ko pa lang ng kwarto ko ay naligo na ako at habang iniimagine ang nangyari kanina habang masayang nakahiga sa kama ay hindi ko na namalayan ang sarili kong nakatulog..

♫ ♥ ♪ 'I wanna believe in everything that you say.. Uh 'coz it sounds.. soo goooddd!!! But if you really want me.. moooove slow! There's things about me you just have to know.. Sometimes I run.. Sometimes I hide.. Sometimes I'm scared of you.. But all I really want is to hold youuu tight.. treat you right.. Be with you day and night.. All I really want is to hold you tight.. treat you right.. Be with you day and night.. Just hang around and you'll see! There's nowhere I'd rather be.. if you LOVE me.. TRUST IN ME...' ♪ ♥ ♫

NAGISING AKO SA TUGTOG!!!!

Kinusot ko ang mga mata ko at gulat akong napatingin sa wall clock ko!

01:00am?! WTF??

Napaigtad ako sa kama ko pero pagbukas ko ng pinto ko ay sarado na ang lahat ng ilaw kaya naman pabagsak ang katawang bumalik ako sa kama ko at kinuha ang cellphone ko.

Saan naman kaya nanggaling yung kantang yun?!

Tinignan ko ang cellphone ko pero hindi naman importante ang text maliban kina Lee at Tob na nagpapasalamat..

"Tch.. hindi man lang nagtext.." nakangusong sabi ko pa at saka wala sa sariling idinial ang number ni Taguro, **"..kapag sinagot nya 'to.. ibig sabihin.. mahal nya ako.. hehehehehe!!!!"**

"Mmm??"

Natatingin ako sa screen ng cellphone ko at...

SINAGOT NGA NI TAGURO!!!!

"Hello??" sabi nya pa!!!

Waaaaaaaaa!!!! SAPAKIN AKO NGAYON NA!!

"Woi! Hello!" sigaw pa nya!

"H-Hello??" sagot ko.

"Oh?? Ang tagal mong sumagot??"

"A-Ahh hahahaha.. w-wala lang.."

"Napatawag ka??"

"N-Nagising ba kita?"

"Malamang.. ala una na e.."

"A-Ahh.. n-nakatulog rin ako e.. kagigising ko lang.."

"Edi hindi ka nakapagdinner??"

"Hindi nga e.. pero ayos lang hehehehe.. busog na busog ako sayo kanina e.."

"Tss.."

"Sana bukas.. t-tulad pa rin tayo nung kanina.." nakangiting sabi ko.

"Hindi na..."

"H-Ha??" gulat na tanong ko pa. **"B-Bakit?!"**

"Sabi ko naman sayo.. ganon ako sayo kapag tayong dalawa lang ang tao.."

"H-Hindi mo ba p-pwedeng ipakita sa iba kung ano tayo???"

"Pwede naman.. hindi ko lang talaga trip ang ganon.."

NALUNGKOT AKO BIGLA...

Haaaaaaaysss..

Hindi ako nakapagsalita..

"Kung ipapakita ko man ang nararamdaman ko.. sayo lang dapat.. Kung ipaparamdam ko man ang nararamdaman ko.. sayo lang dapat.. Hindi ko na kailangang ipakita sa buong mundo.. dahil ang mahalaga..

makita at maramdaman mo.. naiintindihan mo??" malumanay na sabi nya!

"S-Sige hehehehehehe.."

"Saka ko na ipagsisigawan sa mundo.. kapag nakita.. narinig.. at naramdaman mo na mismo.. Hehehehehe! Dahil hindi mundo ang importante sakin.. kundi ikaw.."

"T-Taguro.."

"Mmm??"

"G-Gusto.."

Hindi ko maituloy!!!!

"Anong gusto???" tanong nya.

"G-Gusto kitang makita.. Gustong gusto kitang makita.. ngayon.."

SA WAKAS NASABI KO!!!!

"Ako rin."

****TUG!*DUG!****

"Gusto kitang makita.. at gusto kitang makasama.." mahinang sabi nya pa!!!!

Hindi ko maipaliwang ang saya'ng umusbong ng bigla sa dibdib ko paakyat sa ulo ko!

Hindi ako makapaniwala sa narinig ko!

"Hindi mo alam kung anong nararamdaman ko ngayon, Taguro.. yung malaman ko lang na pareho tayo ng nararamdaman.. ang saya saya ko.."

"Hindi mo rin naman alam kung gano kasaya ang nararamdaman ko di ba? Edi kwits lang tayo hehehehe.."

"Ang sweet mo.." nangingiting sabi ko habang kinukutkot ang unan ko.

"Talaga??"

"Oo hehehehehe..."

"Wag mo na masyadong namnamin.. marami pang kasunod yan hehehehe.."

"Aasahan ko yan ha??"

"Mmm.. at sa ngayon.. matulog na muna tayo dahil hindi ako pwedeng magpakitang bangag sayo bukas.. baka iwan mo ko.."

"B-Bakit ko naman gagawin yun?!" nakangusong tanong ko!

"Biro lang.."

"Hindi kita iiwan kahit na 24 hours pang itim yang eyebags mo!"

"Hehehehehehe.. hindi rin naman ako papayag na iwan mo ko kaya itim man o pink ang eyebags ko.. wala akong pake.."

"Hehehehehe.. Sige na nga.. matulog ka na! Tch! Para ka talagang lalaki! Pati pagtulog ng lalaki kuhang kuha mo!"

"Matulog ka na ah?? Magkita tayo bukas.."

Kadalasan ay ako ang nagsasabi'ng magkita kami bukas kaya naman hindi ko inaasahang sya ang magsasabi ngayon!

"Sige.. hihintayin kita sa parking lot.." nakangiting sabi ko pa.

"Mmm.. Sige.. bukas na lang.. Goodnight.."

"Goodnight.." nakangiting sabi ko.

~TOOT.. TOOT.. TOOT..~

"I love you.." mahina pang usal ko..

SUPER THANK YOUUUU!!!! ♥ Godbless us all! ♥

d^_^b

PLEASE DON'T FORGET TO VOTE, COMMENT AND FOLLOW! Thanks a loooot! d^^,v

FOR IMPORTANT UPDATES PLEASE VISIT THE FOLLOWING:

Facebook : https://www.facebook.com/maxinejiji

Twitter : @maxinejiji

Website : http://maxinejiji.weebly.com/

Instagram : @maxinejiji

Tumblr: www.maxinejiji.tumblr.com/

Thanks a looot JIJIERAS!!! d^o^b ♥

- m a x i n e j i j i ♥

OceanofPDF.com

CHAPTER 123 : INTERHIGH

MAX'S POV

Latang lata akong bumangon dahil pakiramdam ko ay iilang minuto pa lang ang itinulog ko ay nag-alarm na agad ang alarm clock ko..

Mabilis akong kumilos at naligo..

Bihis na rin si Naih pagkababa ko..

"Good morning..." matamis ang ngiti'ng bati nya pa sakin.

"Morning.."

"Mmm.. hindi ka ba susunduin ni Deib??" tanong nya pa.

"Hindi.."

"Ngek.. bakit?!"

"Kelangan nya ba akong sunduin pa?" takang tanong ko na naglagay ng foods sa plate ko.

"Kasi syempre.. bago pa lang kayo di ba?! Hehehehehe.."

"Tss.."

"Yiiiieeee.. kinikilig ako sa inyo.."

Nanunukso masyado ang tingin nya pero hindi naman ako naapektuhan sa mga ganun patutsada nya.. Kaya naman nanatili akong blangko ang emosyon habang kumakain..

"Eh kayo ni Lee?" ngumunguyang tanong ko at kitang kita ko ang mabilis na pandidilat ng mga mata nya..

"A-Anong k-kami ni Lee--wala ah! W-Wala! H-Hahahahaha! N-No way! Stop me!"

OA talaga..

Tumingin ako ng deretso sa kanya at saka pinagmasdan sya dahilan para iiwas nya ang mukha nya sakin na halos magdikit na ang plato at mukha nya.

"Tignan mo yang ugali mo.. ako nagsabi sayo.. tapos ikaw.." panunumbat ko kunwari.

"H-Ha?! E-Engkasi.. w-wala naman kasing-----sige na nga!!!!" animong napipilitan pang sigaw nya.

Hanep..

"K-Kami na.."

"Ang bilis naman?" tanong ko.

"Ayy teka.. hindi pala kami.. Pero parang kami na ewan! Ewan! Hindi ko alam! Hindi ko maintindihan!"

"Tss.."

"Engkasi naman.. u-umamin sya sakin na.. he likes me too.. bwahahahahahahahahahaha so nakakakilig! Hindi ko akalaing ang isang Lee Roi Gozon ay magkoconfess sakin that he likes me too! Aww!!!" tili nya pa! **"Ganito pala ang feeling, Max noh??? Hahahahahahaha----ayy.. Sabagay.. Hindi ka nga pala kinikilig.. Hmm.."**

Hindi ko sya kinibo..

"San kayo magkikita?"

"Nino?"

"Ni Kamatayan! Leche ka! Malamang! Ni Deib!"

"Sa Parking Lot.." walang ganang sagot ko.

"Nang Luna??"

"Mmm----"

NATIGILAN AKO SA PAGSUBO!

"Hoy.. Sa parking lot ba kako ng Luna?!" tanong nya pa ulit munit mabilis akong napatayo at napatingin sa relos ko! **"Hoy.. T-Teka! San ka pupunta?! Hoy! Max, a-ano bang nangyayari sayo!?"**

"Pupunta nako don.."

"Ha?!" gulat na tanong nya pa. **"Bakit?! Hintayin mo ko! Kumain muna tayo! "**

"Tss.. Hindi ko naalalang sa Luna nga pala tayo ngayon! Tsk! Nandon sila Mallyu at Yago!" sigaw ko sa kanya at nagitla sya!

"Oh ngayon!?"

"Delikado si Sensui don.."

"Sheeeeeet! Oo nga pala! T-Teka! Hintayin mo ko! Ay hindi! Sige sige! Mauna ka na! Susunod ako! Ingat!" sigaw nya na mabilis na umakyat sa taas!

Mabilis ko namang kinuha ang tako ko at agad na isinabit yun sa likod ko kasabay ng sports bag ko! At saka dinampot ang susi ng motor ko sa table at umalis!

~BROOM!!!!!~

Hindi ko maintindihan ang kabang naramdaman ko!

Hindi ako sigurado kung posible ang naiisip ko pero hindi rin imposibleng mangyari yon!

Pwedeng pwede nilang kantiin si Deib kapag nakita nilang mag-isa lang yung nandon sa Parking Lot!

Ugaling ugali pa naman nun ang magpangiti ngiti kapag may naaalala.. kahit mag-isa lang sya! Tsk!'

Mas binilisan ko pa ang pagpapaandar

Pero kamalas malasan inabutan ako ng traffic! Wala akong masingitan dahil masyadong makipot ang kalsada papasok kung nasaan ang Luna University! Nagdadatingan na ang iba pang students from other Universities and Schools!

"Tsk.." singhal ko habang lilinga linga kung saan pwedeng sumingit!

Peste!

Mabilis kong kinuha ang cellphone ko at idinial ang number ni Sensui!

"Babe!"

Napatingin pa ako sa screen ng cellphone ko at kinumpirma kung sya nga ang natawagan ko!

"Babe?!" excited pang ulit nya.

"D-Deib!?" tawag ko.

"Hi Babe! Napatawag ka?? Miss me?? Hehehe.."

"Nasan ka?!"

"Nandito na sa Parking Lot ng Luna.. kararating rating ko lang rin---"

"May kasama ka???"

"Wala.. bakit?"

"Maraming tao dyan??" agad na tanong ko at matagal bago sya sumagot.

"Wala masyado pero maraming nagdadatingang sasakyan.. Teka.. bakit ba?"

"Don ka sa maraming tao.."

"Ha?? Bakit nga?"

"Basta.. don ka sa maraming tao.."

"T-Taguro.." bakas ang pag-aalalang tawag nya sa pangalan ko.

"Don ka lang sa maraming tao.. papunta na ako.."

"S-Sige.."

"Hintayin mo ko.." sabi ko at saka ibinaba ang linya.

Badtrip! Bakit ba nawala sa isip kong dito nga pala kami! Tsk!

Lilinga linga pa rin ako sa lugar at naghahanap ng pwedeng lusutan..

Sa laki ng motor ko hindi ako pwedeng sumingit sa magkabilang pagitan ng mga kotse dahil natatakot akong baka makagasgas ako..

Sana walang mangyaring masama sa kanya..

Hindi ko mapigilan ang sarili kong mag-aalala..

DEIB'S POV

Hindi ko maintindihan kung bakit ang kaninang excitement ko ay biglang nawala nung tumawag si Taguro..

Hindi ko maintindihan yung paraan ng pagtatanong nya..

Kinakabahan ako...

Panay tuloy ang linga ko sa paligid dahil pakiramdam ko ay may susugod sakin!

Bakit ganon na lang ang tono ng pananalita ni Taguro?! M-May mangyayari bang masama sakin dito?!

Ilang minuto pa akong nagpapalinga linga sa parking lot ng Luna..

Marami namang dumadating na students mula sa iba't ibang schools base sa mga uniforms nila kaya naman medyo kumalma ako..

Pero hanggang ngayon ay walang dumadating na kakilala ko maski isa..

~BROOOOOOOOM!!!~

Lumantad ang malaking ngiti sa mukha ko nung makita ko si Taguro na mabilis na nagpark sa harap ko mismo!

Pinagmasdan ko pa sya mula sa pagkakahubad nya ng helmet nya hanggang sa makababa sya at ayusin ang buhok nya sa mismong harap ko!

Mahaaaal ko!!!!!

"Kanina ka pa??" humihingal pa'ng tanong nya.

Yung makita ko lang ang mukha nya parang nabura lahat ng kabang nararamdaman ko..

"Ahh heheheheh hindi naman.. Kumusta ang byahe mo?" tanong ko.

"Mmm.. medyo traffic dyan papasok.."

"I see.. nagdadatingan na kasi ang ibang students.. Good morning.." nakangiting bati ko.

"Morning.. Pasok na tayo?"

"Sige heheheheh.."

Sinulyapan nya pa muna ang motor nya at saka kami sabay na pumihit papasok pero..

Hindi pa man kami tuluyang nakakapasok sa gate ay may nakasalubong na kaming mga pamilyar na mukha!

Sina Mallyu at Yago!

"Ang sweet..." si Yago.

"Mukhang may bagong meeting place na kayo ah?! Tsk.. sayang naman at dalawang araw na lang ang Interhigh.." si Mallyu. **"Hindi ko man lang kayo maitutour sa kabuuan ng Luna.."**

Napatingin ako kay Taguro at kitang kita ko kung paanong unti-unting nawala yung ngiti nya sa mukha!

Hindi naman sila kinibo ni Taguro na nakahawak ang isang kamay sa sports bag nya at ang isang kamay ay nasa sabitan ng tako case nya.

"Hindi nyo man lang ba kami babatiin??" nakangising tanong pa ni Yago.

"Welcome back to Luna University.. Maxpein.." bahagyang nakangising usal pa ni Mallyu. **"Madalas ka dito noon, pero bilyar lang naman ang idinadayo mo.. Hindi mo pa rin saulo ang kabuuan ng Luna dahil hindi naman dito ang tambayan mo.. Gusto mo bang itour kita sa buong Luna?? Bilang kapalit man lang ng magandang salubong nyo samin sa BIS??? Heheheheheheheh!"**

"Tara.." yaya sakin ni Taguro.

"Oh.. Teka.." pigil ni Yago sa kanya na hinawakan pa sya bahagya sa braso nya**. "Hindi mo man lang ba kami hahayaang i-welcome kayo dito sa aming mumunting paaralan?? Heheheheheheheh! Masyadong naging *'maayos'* ang pagsalubong nyo samin sa BIS at SIS kaya naman hayaan nyo kaming salubungin kayo ng maayos dito sa *'teritoryo'* namin.."** madiing dagdag pa nito.

Ano bang ginagawa nila!?

Nakakaramdam ako ng inis!

Gayunpama'y wala akong masabi maski isa!

Bumuntong-hiningi ng malakas si Taguro at saka tumingin sa kanila'ng dalawa.

"May laro pa kami.." mahinang usal ni Taguro. **"See you around.. Tara.."** yaya nya ulit sakin na umastang muling pipihit maglakad pero..

"Teka naman, Maxpein.." si Mallyu. **"Nakakabastos naman yata sa parte naming.. winewelcome ka namin pero parang hindi mo nagugustohan?! Ganon ba talaga kahirap para sayo ang batiin kami?? Hahahahahaha! Pasensya na at may pagkahampaslupa ang mga kaibigan mo't hindi ka man lang masalubong ng enggrandeng lalakaran mo---"**

"Ano na naman ba 'to??"

Napatingin ako kay Taguro sa galit na tono'ng tanong nya'ng yun!

"Hahahahahahaha! Oh bakit??? Ang aga aga.. ang init na naman ng ulo mo.." malambing pa kunwaring tanong ni Yago.

"T-Taguro.." usal ko.

Kinakabahan ako para sa kanya dahil baka kung ano na namang pumasok sa isip ng dalawang 'to at kung anong gawin sa kanya!

"Oh! Enrile! Anak ng.. king ina nandyan ka pala?! Hahahahahahahahahahha! Hindi kita napansin!"

Inis akong napatingin kay Mallyu!

Sa sarkastikong tono nya na masyadong nakakaloko ay tinignan ko sya ng masama!

"Oh?? Isa ka pa?! Mukhang mainit rin ang ulo mo?! Hahahahaha!" biro pa sakin ni Mallyu. **"Bawal ang mainitin ang ulo dito.. hindi nakakalabas ng buo ang katawan.."**

"Simpleng pakiusap, Mallyu.. May laro pa kami." pagdidiin ni Taguro.

"Naiintindihan ko naman yon, Maxpein.. ang sakin lang.. ano ba naman yung kaunting pasasalamat man lang sa bahagyang pagsalubong namin sa inyo??" si Mallyu.

"Tara----"

"Bakit ba hindi ka makausap ng matino ha!"

Biglang sinigawan ni Mallyu si Taguro nung umasta syang aayain na naman ako papasok!

Bumilis ang tibok ng puso ko at gusto kong magalit pero..

Natatakot ako..

Ang duwag mo, Deib!

Hindi ko maiwasang kabahan dahil alam ko kung ano at sino sila! Alam ko kung anong magagawa nila at natatakot ako dahil tulad nga ng sabi nila..

Nandito kami sa teritoryo nila..

Napatingin ako kay Taguro pero parang wala syang pakialam sa kanila!

Blangko ang emosyon at ekspresyon ng mukha nya na para pang hindi man lang nahahamon sa galit na mukhang nung dalawa!

"P-Pasensya na pero.. may laro pa kasi kami.. Salamat sa pagwewelcome samin.." pilit ang ngiting sabi ko pa.

Pero hindi nila ako nagawang tignan kaya naman bumaling na lang ako kay Taguro.

"Tara----HUK!"

Bigla akong dinaklot sa kwelyo ni Yago!

"Sinabi ko bang sumabat ka?!" mayabang na tanong nya sa mismong mukha ko at amoy na amoy ko ang amoy sigarilyo nya pang hininga!

"B-Bitiwan mo ko!" sigaw ko sa kanya!

"Wag kang sasabat sa usapan ng mga matitibay dahil malambot ka!" sigaw nya pa sakin!

"Bitiwan mo sya.." malumanay na pakiusap ni Taguro at dahan dahan naman akong binitiwan ni Yago at saka tumingin sa kanya.

"Syota mo na ba 'to?!" nakangising tanong ni Yago kay Taguro na itinuro pa ako. **"Hahahahahaha hindi ko alam na ganito na pala ngayon ang mga trip mo?! Yung hindi man lang makasuntok ng asintado!?"**

Nakaramdam ako ng hiya sa sinabing yun ni Yago!

Peste..

"Tara.." yaya ulit sakin ni Taguro.

Maglalakad na sana ako nung biglang umasta si Yago na dadakluting muli ang kwelyo ko pero mabilis na nahawakan ni Taguro ang kamay nya!!!!

"Sa susunod na lumapat ang kamay mo sa tao'ng 'to.." malamig ang pagkakasabi ni Taguro na isinenyas pa ako.. **"Babaliin ko ang bawat buto sa mga daliri mo.."** pabulong munit dinig naming bulong ni Taguro kay Yago!

"Tara.." sabi ni Taguro na hinawakan pa ako sa braso at hinila ako papasok!

Nilingon ko pa sila Mallyu at Yago at bakas na bakas sa mga mukha nila ang galit at inis kay Taguro!

Pailalim ang tinging pinanood nila kami papalayo!

"T-Taguro.." usal ko pa nung tuluyan kaming makakalahati sa linalakarang pathway papasok sa loob ng Luna.

"Bukas.. don ka na sa bahay dumeretso.." salubong ang kilay na sagot nya at natigilan naman ako!

"B-Bakit?" nag-aalalang tanong ko.

"Sumunod ka na lang.."

"B-Bakit nga Taguro??"

"Basta---"

"S-Sabihin mo muna sakin kung anong dahilan.."

"Baka kung anong gawin nila sayo.." mahinang usal nya at bumilis naman ang tibok ng puso ko.

"H-Hindi naman siguro nila ako gagalawin dit----"

"Makinig ka na lang sakin.." malumanay munit salubong ang kilay na pigil nya sa pananalita ko.

"T-Taguro.." tawag ko sa kanya na pinigilan pa sya sa mabilis na paglalakad. Hinila ko sya sa isang banda kung saan wala masyadong tao at saka ko sya iniharap sa akin. **"N-Nag-aalala ako e.. s-sabihin mo nga sakin.. m-may dapat ba akong ipag-alala??"**

"Marami.."

"T-Tulad ng ano??"

"Tulad sinabe ko nung nakaraan.."

"Na ano nga??"

"Na hindi na ako magtataka kung muli silang kuntsabahin ni Choco para guluhin ako.."

"B-Bakit naman nila gagawin yon?! Wala ka namang atraso kay Choco at ang totoo.. sya pa 'tong may atraso sayo!?"

"Oo nga.. pero hindi ganon ang utak nila.. Syempre gaganti at gaganti si Choco sakin.. at kung talagang may pakialam ka sakin.. ilayo mo na lang ang sarili mo sa gulo.."

"Pano ka?!"

"Kaya ko ang sarili k---"

"Hindi pwede!" mahinang sigaw ko! **"Papatayin mo ba ako sa pag-aalala?? Yung nangyari nung nakaraan----si Choco, at hindi ikaw ang may kasalanan non! Kasalanan ni Choco yon! Sinaktan ka nya ng wala ka namang ginagawa sa kanya! Nang hindi naman valid ang reason nya! Bakit sya pa ang gaganti sayo?! Dahil sinapak ko sya?! E bakit hindi ako ang gantihan nya?! Bakit ikaw?! Ano ba 'to?! A-At saka b-bakit ba ganon sila sayo?! Bakit kailangang pati sila Yago at Mallyu makabangga mo pa?! Bakit ganon sila magsisalita sayo?! Bakit parang kating kati yung mga kamay nilang hawakan ka?! Ano bang nangyayari?!"** derederetsong tanong ko at napabuntong-hininga naman sya.

"Hindi ko rin alam.. hindi ko alam.. Hindi ko nababasa ang laman ng mga utak nila kaya hindi ko alam.. Pero yung ganong kilos nila Yago at Mallyu kanina.. basang basa ko na yung mga ganon.. Alam

kong anytime ay may gagawin silang hindi maganda kaya nakikiusap ako sayo.. lumayo ka.. Wag kang lalapit sa kanila.."

"P-Pero Taguro---"

"Tsk! Nasan na ba yung cellphone mo?! Hindi ba't nirecord mo yung patakaran ko!?! Pakinggan mo ngayon!"

Bigla kong naalala yung nangyari kaninang umaga..

~FLASHBACK~

'Ang nag-iisang patakaran ng hambog na Taguro ay maski isang beses ay 'hindi pwedeng masaktan ang kanyang Sensui'.. sa kahit anong paraan at sa kahit saang paraan.. HIN..DI.. PWE..DE..'

'Ang nag-iisang patakaran ng hambog na Taguro ay maski isang beses ay 'hindi pwedeng masaktan ang kanyang Sensui'.. sa kahit anong paraan at sa kahit saang paraan.. HIN..DI.. PWE..DE..'

'Ang nag-iisang patakaran ng hambog na Taguro ay maski isang beses ay 'hindi pwedeng masaktan ang kanyang Sensui'.. sa kahit anong paraan at sa kahit saang paraan.. HIN..DI.. PWE..DE..'

"Mmmm.."

'Ang nag-iisang patakaran ng hambog na Taguro ay maski isang beses ay 'hindi pwedeng masaktan ang kanyang Sensui'.. sa kahit anong paraan at sa kahit saang paraan.. HIN..DI.. PWE..DE..'

'Ang nag-iisang patakaran ng hambog na Taguro ay maski isang beses ay 'hindi pwedeng masaktan ang kanyang Sensui'.. sa kahit anong paraan at sa kahit saang paraan.. HIN..DI.. PWE..DE..'

'Ang nag-iisang patakaran ng hambog na Taguro ay maski isang beses ay 'hindi pwedeng masaktan ang kanyang Sensui'.. sa kahit anong paraan at sa kahit saang paraan.. HIN..DI.. PWE..DE..'

"Taguro!?"

"Alarm clock.. tsk!"

~END OF FLASHBACK~

Napabuntong hininga rin ako at napatingin sa kanya.

"Pero kasi.. h-hindi ko maiwasang mag-alala.. B-Baka kung mapano ka.." sabi ko pa.

"Intindihin mo ang sarili mo at wag ako.."

"Ikaw ang importante sakin!"

"Edi wag kang umalis sa tabi ko.."

"S-Sige.." pigil ang ngiting sabi ko dahil masyadong seryoso ang mukha nya. **"P-Pero.. p-pano kung h-hindi sila huminto sa panggugulo**

satin!?"

"Hindi naman nila tayo basta basta magagalaw dito dahil maraming tao.."

"H-Hindi ko nga kasi maintindihan kung bakit gagalawin nila tayo?! Bakit kasali yung dalawang gangster na yon?! Inaano ba natin sila?!"

"Si Choco.. malamang galit yun.. gaganti yun sa ginawa mo sa kanya nung huli.. Kaya malamang.. binayaran na naman nya sila Mallyu at Yago para kantiin tayo.."

"Bading! Bading sya! Gago ba sya?! Bakit nya gagawin yon?! Babae ka!"

"Sa galit ni Choco.. sa tingin mo iisipin nya ang mga bagay na yan??? Sa tingin mo kapag sinabi mo sa kanya na *'babae'* ako.. titigil sya?! Tss.."

"P-Pero sila Yago at Mallyu.. h-hindi ba't nakausap na sila ni Maze??"

"Hindi mo sila madadaan sa ganon.."

"Pero.. kilala ka nila.. h-hindi ba dapat mas kampihan ka nila kesa kay Choco.."

"Si Choco.. binabayaran sila.. Ako.. mas inaasar lang sila.."

"E-Eh bakit kasi s-sumasagot ka pa?! Ipapahamak mo lang rin ang sarili mo e.."

"Normal na pag-uusap lang samin yun.."

"H-Ha??"

"Tss.."

"Tch! Alam mo bang lintek ang kaba ko tapos.. n-normal na pag-uusap lang sa inyo yon!?"

"Tsk.. halika na nga.. Hahanapin pa natin ang room natin.."

Hindi man nya nasagot ang tanong ko ay sumabay na rin ako sa kanya papasok..

Nung makita namin si Chris ay agad kong niyaya si Taguro para lapitan namin sya..

"Uy.. ang aga aga magkasama kayo ah?!" tukso ni Chris.

"Hehehehehehehe.. may magnet yata ako at sya ang bakal ko hahahaha! Saan ang room natin??" tanong ko pa.

"Doon.. ayos yan! Magkasama tayo sa room!"

"H-Ha??" gulat na tanong ko.

"Hindi ba't si Coach rin ang Coach ng billiards?? Pinagsama nya tayo ng room.. kaya kasama natin 'to sila del Valle sa room hehehehe.. Edi masaya ka na naman!?"

Napatingin ako kay Taguro at hindi ko napigilan ang naglalakihang ngiti ko! Pilit ko pang ipinakita sa kanya ang mga ngiti ko!

"Bakit daw pinagsama?" si Taguro.

Nanatili lang syang nakatingin kay Chris!

"Mmm.. ayun nga.. Sabi ni Coach kanina, since sya rin naman daw ang Coach nyo ay pinagsama na tayo sa iisang room.. At saka isa pa.. ang konti kasi ng rooms dito sa LU.. Hindi na kasya para sa lahat ng sports ng iba't ibang schools.." paliwanag ni Chris. **"Mmm.. buti naman wala na yung mga pasa sa mukha mo?"**

"Mmm.. kahapon pa wala.."

"Nice.. ang bilis ah.."

"Mahina yung pagkakasapak e.."

"Hahahahahaha! Ang astig mo talaga del Valle!" biro pa ni Chris na tinapik ang balikat nya.

"A-Ahh hahahahhaha!!! Oo sobrang astig nya.. p-pero hindi mo na kailangang hawakan pa sya hehehehe.." biro ko kay Chris.

"Seloso 'to e!"

"Hahahahahahahahahahaha!!!" sabay kaming natawa ni Chris.

Girlfriend ko kasi yan pare.. hehe..

"Oh.. eto na pala si Lee e.." sabi pa ni Chris at lumingon naman kami ni Taguro sa likuran namin.

Naglalakad papasok si Lee at kasama si Parrot!

Gulat akong napatingin sa kanilang dalawa!

Kahapon pa man ay napapansin ko ng may nag-iba sa kanila pero hindi ko inaasahang sabay rin silang papasok ngayon!

"Naks! Dumadami ang couple ah! Hahahahaha! Malayo pa ang Pebrero mga tol!" biro ni Chris.

"Loko.. san ang room?" tanong ni Lee sakin na tinapik pa ako sa balikat.

"Don.." sagot ni Chris na nakaturo sa room sa harapan namin. **"And guess what Lee?? Makakasama natin sa room sila Del Valle at Marchessa!"**

Tuwang tuwa rin 'to malamang..

"Ahh yeah?? T-That's nice..." naiilang pang sabi ni Lee at saka tumingin kay Taguro. **"Good morning, Maxpein.."**

"Mmm.. morning.." blangko ang mukhang sagot ni Taguro sa kanya at saka tumingin kay Naih at muling tumingin kay Lee. **"Si Tob??"**

"Baka papunta na yon.." sabat ko.

"Tawagan mo.." si Taguro.

"H-Ha?? Papunta na yon, don't worry.." sagot ko ulit.

"Kaya nga tawagan mo.."

"Bakit??"

Hindi nya ako sinagot at binigyan nya ako ng makahulugang tingin..

Tingin na para bang sinasabi nyang.. *SUMUNOD KA NA LANG!*

Mabilis kong inilabas ang cellphone ko at idinial ang number ni Tob.

Pero..

"Dre!"

Sabay sabay kaming napatingin sa harapan namin at nakita namin ang mapuputing ngipin ni Tob na nagkikislapan sa sobrang ngiti!

Abnormal..

"Hahaha!!! Pucha ang aaga nyo ah! Ako yata ang nahuli ngayon?!" salubong ni Tob pagkalapit samin! Yumakap pa sya samin ni Lee.

"Bading ka.." bulong ko sa kanya.

"Pucha hahahaha.. saan ang room natin?! Muntik pa akong maligaw! Dyan ako dumaan sa harapan e wala pala silang parking dyan! Umikot pa tuloy ako sa likod! Saan kayo nagpark?!" si Tob.

"Sa likod rin.." si Lee.

"Kami rin.. sa likod.." sagot ko.

"Sa likod rin ako.." si Parrot.

"E pucha pare ikaw lang pala engot dito e hahahahaha!" biro ni Chris sa kanya.

"Psh! E kasi.. magkaiba kami ng way! Don sa North ang panggagalingan ko kaya naman harapan ang unang madadaanan ko hahahaha malay ko ba namang walang parking sa harap nito?!"

"Hindi naman kasi 'to sing laki ng school nyo.."

Sabay sabay kaming napalingon sa kanan!

SI GONZA!

"Welcome to Luna University.." sarkastikong bati nya pa habang nakapasok ang magkabilang kamay nya sa bulsa ng jersey shorts nya.

Gulat pa akong napatingin sa malaking pasa sa mata nya!

Anong nangyari dyan?!

Walang sumagot sa kanya at tinignan nya naman kami isa-isa at saka nahinto kay Taguro ang paningin nya!

"Masaya akong makita ka ulit, Destiny."

Loko 'to ah!

"Mukhang nakatadhana talagang magkita tayo ngayon.." nakangising sabi pa ni Gonza kay Taguro!

Grrrrrr!

"Hindi rin.."

Napatingin ako kay Taguro sa sagot nya!

Binigyan sya ng nagtatakang tingin ni Gonza habang bahagyang nakangiti pa!

"Pano mong matatawag na tadhana 'to kung nakaschedule talaga tayong magkita ngayon dito? Tss.." sabi nya at saka tinapik ako. **"Tara.."**

Mabilis na tinalikuran ni Taguro si Gonza at isa-isa namang sumunod sina Lee, Tob, Parrot at Chris sa kanya!

Naiwan naman akong mukhang tangang nakatingin pa kay Gonza na nakay Taguro ang paningin!

Kaya naman agad rin akong pumihit patalikod sa kanya pero...

"Excited ka na ba sa laban natin?"

Nilingon ko si Gonza!

Hindi ko sya sinagot at nakipagtitigan ako ng pailalim sa kanya!

"Hindi sing ganda ng court nyo ang court dito pero... tutunog pa rin naman yang naggagandahang sapatos nyo---"

"Sabihin mo nga sakin.. bakit ka ba nagkakaganyan??" inis na tanong ko at natawa naman sya!

"Hahahahahahahahaha! Anong ganyan!?"

"Yan.. yang ginagawa mo ngayon.. Anong dahilan at nagkakaganyan ka?!"

"Ano bang pakialam mo?!"

"Wala akong pakialam sayo.. pero may pakialam ako sa mga tao'ng ginugulo mo.."

"Sino!? Si Taguro?! Hahahahahaha.."

Hindi ko sya sinagot!

"Alam mo.. type ko naman talaga sya e.. Nakakachallenge kasi yung personality nya hahahahaha! Alam mo ba kung gano karaming nagkakagusto sakin dito?? Hindi ko halos mabilang dahil lahat ng

lakaran ko.. mahigit sampung babae ang sumisigaw ng pangalan ko.. Lahat sila ay kusang lumalapit sakin.. Pero si Maxpein lang ang kaisa-isang babae'ng nakaagaw ng pansin ko.." sinsero ang ngiting kwento nya habang nakatingin sa nilakaran nila Taguro! Salubong naman ang kilay kong tinitigan sya habang nagkukwento! **"Nasanay akong.. isang hello ko lang sa babae.. halos maihi na 'to sa kilig.. Pero si Maxpein.. iba sya.. ultimong pangalan nya hirap na hirap akong kunin hahahahahaha! Idagdag mo pa yung maangas na dating at sama ng tingin nya? Tsk tsk.. yun na yun yung mga tipo ng babae'ng nakakaagaw ng pansin ng mga lalaki di ba??"** tanong nya na nakangiti pang tumingin sakin at nagtama ang paningin namin!

Pero laking gulat ko ang dahan dahang pagpapalit ng emosyon nya!

Bahagya pa akong nagulat pero hindi ako nagpahalata!

Ang kaninang sinsero'ng ngiting nakikita ko sa mukha nya ay napalitan ng seryoso munit makikita mo ang bakas ng galit sa mga mata nya!

"Pero... nawala lahat ng interes ko nung malaman kong.. myembro pala sya ng pamilyang Moon.."

Natigilan ako sa sinabi nyang yon..

Hindi mo kilala ang kinakabangga mo, Gonza! Anak sya ng itinuturing mong ina!

"Eh ano naman ngayon sayo kung Moon sya??" pormal na tanong ko. **"Kilala mo ba ang mga Moon??"**

"Tsh! Sa tingin mo ba ay magagalit ako sa kanila kung hindi ko sila kilala?!" mayabang na tanong nya at gulat pa akong napatingin sa kanya nung mahirapan syang igalaw ang kaliwang binti nya!

"A-Anong nangyari sayo??" tanong ko na tinignan ang kaliwang binti nya na bahagyang yumuko pa pero mabilis nyang iniiwas yon!

"Wag kang mangialam!"

"T-Tch! Ikaw na nga 'tong inaalala e! Loko ka rin ah!" sigaw ko sa kanya!

"Tsh! Hoy Enrile.. hindi ko kailangan ang awa mo!"

"Hindi ako naaawa sayo! Tinatanong ko lang kung anong nangyari dyan sa binti mo!" sigaw ko at muling sinipat yon!

Nanlaki ang mga mata ko nung makita kong halos magviolet na ang likod ng mga binti nya!

Nakajersey na sya kaya naman litaw na ang mga binti nya!

"K-Kev.." mahinang usal ko pa na muling yumuko sa binti nya! **"A-Anong nangyari sayo?!"**

"W-Wala ka sabing pakialam! At saka sino ka ba para magtanong?! Bading ka ba?! Bakit ba nakikiusisa ka pa?!"

"Tch.." mahinang singhal ko! **"May laban tayo ngayon.. sa tingin mo makakapaglaro ka ng ayos ng ganyan ang lagay mo?!"**

"Oh e anong pakialam mo?!"

"Alam mo ba kung anong pakiramdam ko nung ako ang nagkaganyan sa sitwasyon mo?!"

"Wala akong pakialam! Wala akong pakialam sayo kaya wag mo akong pakialaman!" malakas na sigaw nya at hindi ko naman sya sinagot at inis na tumingin sa kanya!

Muli kong ibinaba ang paningin ko sa mga binti nya pero mabilis nya nang iniiwas ang mga yon!

Nung ibaba ko pa ang mga paningin ko sa mga sapatos nya..

Bahagya pa akong nakaramdam ng awa sa kanya nung makitang halos humiwalay na ang swelas ng sapatos nya..

Muli kong iniangat ang paningin ko sa kanya at nagtama ang mga paningin natin..

"Sana lang kayanin mo pang maglaro.. Pero nasisiguro kong kakayanin ng team nyo'ng manalo kahit hindi ka maglaro.. Magpahinga ka na lang dahil baka makasama lang sayo kung pipilitin mo.."

"Tsh! Sinong niloko mo?! Ulul! Anong akala mo sakin?! Madadaan mo sa ganyan?! Hahahahahahaha! Ganyan rin ba ang sinasabi mo sa mga nakakalaban nyo noon kaya kayo nagcha-Champion?! Pinapaurong mo sila sa laban---"

"Hindi ako ganon.. inaalala lang kita.."

"Hindi ko kailangan ang pag-aalala mo!"

"Edi maglaro ka.. Tch.." inis na sagot ko at tinalikuran sya.

Kung hindi ka lang mukhang importante kay Taguro.. kanina pa kita binatukang bansot ka..

Mabilis akong naglakad papasok ng room at nakita ko si Taguro'ng tulala kahit na kinakausap sya ni Parrot.

"Gamitin mo na lang muna yung pangsargo kong tako.. okay?? Wala namang kaso yun e.." si Parrot.

Lumapit naman ako sa kanila at tumabi ako kay Taguro.

"Anong problema?" mahinang tanong ko pa.

"Ahh.. kasi, yung tako na yan ni Max, hindi yan pwedeng ipangbreak ng bola.. kaya sabi ko hiramin nya na lang muna yung pangbreak ko.. kasi sya ang magbebreak ng bola saming dalawa bukas.." paliwanag ni Parrot at tumingin naman ako kay Taguro.

"Bakit mukhang matamlay ka??" mahinang tanong ko sa kanya. Tumayo naman si Parrot at inayos ang gamit nya, **"Babe?"** mahinang bulong ko pa.

"Kumain ka na?" tanong nya.

"M-Mmm.. Oo, bakit?"

"Nagugutom ako.. kain tayo?"

Ngayon nya lang ako niyayang kumain!!! Hahahahah!!

"S-Sige ba.." nakangiting sagot ko at hinintay syang makatayo!

"Oh, san ang punta nyo?!" si Tob.

"Nagugutom si Maxpein.. kumain na ba kayo?" tanong ko sa kanila.

"Mmm..breakfast.." sagot naman ni Tob.

"Nako.. hindi na yan nakakain sa bahay kasi nag-aalala sayo.. Baka daw may mangyari sayo dahil naghihintay ka sa Parking Lot.. kaya ayun, lumayas agad.. Nakatatlong subo nga lang yata yan kanina, umalis.." si Parrot!

Natigilan ako sa sinabi ni Parrot! Gulat akong napatingin kay Taguro na salubong ang kilay at masama ang tingin sa nakatalikod na si Parrot!

Si Parrot naman ay dahan dahang humarap samin habang abala pa rin sa pag-aayos ng gamit! Nung makahalata syang nakatingin si Taguro sa kanya ay dahan dahan pang nagtaka sya munit bigla ring napatakip ng bibig!

"M-May nasabi ba ako?!" kunwaring tanong pa ni Parrot na naiilang tumingin kay Taguro!

"Tsk tsk.." iling ni Lee. **"Napakadaldal.."**

Nginusuan naman ni Parrot si Lee.

"K-Kung gusto nyong kumain.. tara sabay sabay na tayo.." pigil ang ngiting sabi ko pa na ipinasok ang magkabilang kamay sa bulsa ko.

Gulat naman akong napatingin kay Taguro na mabilis na lumabas ng room kaya naman napatingin pa muna ako sa lahat ng nandon at saka nagmamadaling sumunod kay Taguro.

"H-Huyy.." habol ko sa kanya. **"Galit ka na naman.."** bulong ko pa.

"Libre mo ko ah?" pormal na sagot nya.

"Oo naman.. Gano ba karami ba ang gusto mo?" kunwaring tanong ko at nginitian nya lang ako.

Sarap..

"Nag-aalala ka pala sakin ah??" panunuksong tanong ko.

"Tss.."

"Hehehehehehehe.. Ang sweet naman.. Nag-aalala sakin ang girlfriend ko kaya hindi na sya kumain at mabilis akong sinundan dito dahil hinihintay ko sya sa Parking Lot.. ang sarap sa pakiramdam nung may nag-aalala sayo.."

"Tuwang tuwa ka naman?" taas-kilay pang tanong nya.

"Tch! Sinong hindi matutuwa?? Eh h-hindi mo pa man sinasabing mahal mo ko---pinaparamdam mo na?? Hehehehehehehe.."

"Ha! Hanep.." natatawang sagot nya at nginitian ko naman sya n malaki..

Naglakad kami sa kung saan hanggang sa maya maya..

Taka akong napatingin kay Taguro dahil lilinga linga sya habang salubong ang mga kilay nya!

"B-Bakit?" tanong ko pa.

"N-Nasan ba kasi ang Canteen nila?!" halatang nagpipigil ng inis na tanong nya pa!

Ang cute cute nyang magalit hahahaha...

"A-Ahh t-teka magtatanong ako.." sabi ko at saka lumapit sa dalawang babae'ng naglalakad palampas samin. **"E-Excuse me?"**

"H-Ha??" yung isa don sa dalawang babae.

"Excuse me.. a-alam nyo ba kung nasaan yung Canteen dito??" tanong ko.

"A-Ahh hehehehehe.. doon.." turo nya sa likot nung poste.

"Ahh don pala.. Salamat.."

"Taga-BIS ka di ba??"

"H-Ha?? O-Oo.."

"Yiiiieeee!! Ikaw si Deib Lohr Enrile?!"

"H-Ha?? O-Oo.."

"Kyaaaaaaaaaaaaa!!!! Ang gwapo gwapo mo pala sa malapitan!!!!!"

"A-Ahh hahahaha.. s-salamat.." napapahiyang sagot ko.

"May laro kayo mamaya di ba?! Yiiieeeee!!! Galingan mo ah?!"

"S-Sang school kayo?" tanong ko.

"Dito sa LU hehehehehe.."

"E-Eh k-kayo ang kalaban namin.. Hehehehehe.." sagot ko pa.

"Oo nga.. pero ikaw ang crush namin hehehehehehe!!!"

"A-Ahh hehehe s-sige salamat.." tatangu-tangong sabi ko pa at saka umastang tatalikod na nung biglang..

"A-Ahh teka.. wait!!!"

Pinigilan ako nung isang kasama nya!

"B-Bakit??" naiilang pang tanong ko.

"A-Ako nga pala si Zie at sya naman si Mirasol.." pakilala nila..

Napalingon pa ako kay Taguro bago ko abutin ang mga kamay nila..

"Kyaaaaaaaaaa!"

"Yie!!!"

Napalakas ang tilian nila!

"A-Ang lambot lambot ng kamay mo!!!!"

"A-Ahh hehehehe s-salamat.. s-sige kakain na kami..." pilit kong hinigit ang kamay ko at saka tumango ulit sa kanila! **"T-Thank you.."**

Mabilis akong humarap kay Taguro na parang wala man lang pakialam!!!!

Tch!

"L-Let's go??" mabilis na yaya ko sa kanya na inalalayan pa sya papihit sa daan papuntang Canteen..

"Hala.. girlfriend nya yata yun.."

"Sa tingin mo??"

"Hindi ko alam e.."

"Akala ko ba wala syang g-girlfriend?!"

"Huhuhuhuhuh nakakainis naman oh.."

"Kung girlfriend nya yun bakit parang wala namang pakialam?!"

Napanguso pa ako sa mga huling narinig kong usapan nung babae'ng nagpakilala sakin at saka nagtuloy sa paglalakad papuntang Canteen!

Nung makarating kami sa Canteen ay ngulat pa ako dahil ang liit ng Canteen nila!

Canteen ba 'to??

Hindi pa man kami nakakapasok ni Taguro ay gulat akong napalingon sa likuran ko nung biglang may tumapik sakin at nakita ko ang ngingiti ngiting si Tob!

"Treat mo ba, dre??? Hahahahahaha! Isang linggo'ng fiesta ba?!" biro pa nya.

"Loko.."

"Tara.." yaya ni Lee.

At sabay sabay kaming pumasok..

"Kyaaaaaaa!!!!"

"Halaaaaaaaa!!!"

"Yaaaaaaaaaaaa!"

"Anggugwapooooooooo!"

"Sila yung mga taga-BIS di ba?!"

"Oo!"

"Sila Enrile, Yanai at Gozon!"

"Jusko po kegagwapo ng mga ito!"

"Hindi ko akalaing makikita ko sila ngayon!"

"Oo nga waaaaaaaaaaaaaaaa!"

"Ang gwapooooo talaga sobra!"

"Ang gwapo nila sa malayo pero mas gwapo sila ngayong malapit!!!"

"Sinabi mo pa!"

Nagkatinginan pa kaming tatlo nila Lee at Tob sa lakas ng sigawan nung mga babae! Si Parrot at Taguro naman ay parang walang pakialam na naglalakad papunta sa harapan ng counter.

"Bakit kasama nila yung Taguro Brothers ba yan??"

"Oo, Taguro Brothers nga.. Hehehehehe.."

"Bakit nga kaya magkakasama sila?!"

"E baka dahil naging friends na sila dahil basket at billiards ang inaabangang sports e hehehehehe.."

"Kaabang-abang rin kaya yung sa Volley!"

"Pero mas gusto ang sports nila hahahahaha!"

"Sabagay.. grabe ang ingay ingay lagi sa court kapag BIS ang naglalaro hahahaha!"

"Andaming fans.."

"E tignan mo naman kasi kung gano kagugwapo at kagaganda di ba?! Haaaaayss.. nakakainggit.. tapos mayayaman pa sila.."

"Oo nga e.."

"Kung may pera lang rin kami.. don ako mag-aaral sa BIS.."

Mabilis kaming pumili at um-order ng kakainin..

Nagrice kami dahil hindi rin naman kami pwedeng magutom..

Habang kumakain..

"Nakakatuwa namang tignan ang mga love birds.."

Sabay sabay kaming napaligon at nandon sila Migz, BJ at Michiko!

"M-Michiko!" masayang bati ni Tob sa kanya na tumayo pa!

"Hi Tob hihihihihi.."

"U-Upo ka.. kumain ka na??? Kumain na ba kayo?? O-Oorder muna ako.."

"Ang hyper mo Tob hahahahaha!" biro ni Migz sa kanya.

"Heheheheheh.. Ganon talaga.. hehehehehe.. upo muna kayo dyan.. oorder lang ako.." sabi pa ni Tob na mabilis na tumayo at naglakad papunta sa line..

Naupo naman sa harap namin sila Migz at BJ at nanunuksong tiningnan kami isa-isa nila Taguro, Parrot at Lee..

"Pwede bang hiramin yang mga mukhang yan at nang maipahulma?! Masyadong magaganda e!" natatawang biro pa ni Migz!

"Hahahahahahahahaha.." malakas na tawanan namin.

"Hmmm.. sinabi ko na nga ba't ano't ano mang ieksena nyo sa loob ng BIS.. ending e kayo't kayo rin ang magkakatuluyan!" biro naman ni BJ.

"Oo.. kaya teh lubay lubayan mo ko't ninenerbyos ako!" pang-aasar ni Migz kay BJ!

"Aba! Inaano kita bakla!" si BJ kay Migz!

"Baka ikaw ang makatuluyan ko e hahahahahaha!"

"Hahahahahahaha!!!" at tumawa na naman kami ng malakas!

"Pero in fairness ah.. blooming ang girls at lalong gumagwapo ang mga boys.. Bagay na bagay kayo.. kayong tatlong couple.. hehehee..." si BJ.

"Mmmm.. anong oras ang laban nyo, Deib??" si Migz.

"Ala una pa.."

"Mmm.. sila Max ay walang laro ngayon at bukas pa ang laro nyan.. Nako.. galingan nyo ha! Kapag nanalo kayo sa Luna ngayon.. Champion na ulit ang Basketball natin! Pero kapag nanalo ang Maxpein at Zarnaih.. Champion ang buong BIS!"

"T-Talaga?!" gulat na tanong ko pa kay Migz!

"Mmm.. walang nabago sa standing natin.. Sa ibang sports ay halos ganon rin ang standing natin.. parang sa Basket nga lang tayo nagkaron ng Tie e.. nakakapagtaka naman kasi na nagkaron ng tie e hindi ba't dapat ay mag-oovertime yun!?"

"Gaga.. hindi ba't sinadya ng tapusin yon?! Para BIS at LU ang magkalaban sa huli.."

Nung bumalik si Tob ay nagsimula na kaming kumain isa-isa..

Nung matapos ay mabilis rin kaming bumalik sa room at maya maya pa ay nanood naman kami ng billiards..

SIS ang naglalaro kalaban ang isang school..

"Sila ang kalaban nyo bukas di ba??" mahinang tanong ko kay Taguro.

"Mmm.." sagot nya habang nakatingin kay Sam.

"Wala namang panama sayo yan.." nakangiting sabi ko pa na nakatingin kay Sam. Hindi naman sya sumagot. **"Ang t-totoo.. n-nabadtrip ako nung huling laro mo sa BIS.."** mahinang bulong ko pa ay nilingon nya naman ako at nagtama ang paningin namin. Nginusuan ko agad sya.

"Bakit?" mahinang tanong nya pa habang nakatingin sakin.

"Tch.. pano?? Nung una ay sasablay sablay ka sa laro mo tapos nung sumigaw si Randall.. Tch.. hulog lahat ng bola mo!" mahinang sigaw ko pa sa kanya.

"Tss.."

"B-Bakit nga ba nagkaganon?!"

"Ang alin??"

"Tsk.. bakit biglang umayos yung laro mo nung sumigaw si Randall ng *'Goooo Maxpein!!!!'*.. Tch!" panggagaya ko pa sa isinigaw ni Randall nung oras na yun..

"N-Nagkataon lang yun.."

"Nagkataon daw.." nakangusong bulong ko pa. **"Angganda namang pagkakataon nun?!"**

"Oo.. nanalo kami e.."

"At dahil kay Randall yon?!"

"Hindi.. sya ba yung tumira?!" nakangising tanong nya pa!

"H-Hindi.." napapahiyang sagot ko.

"Edi hindi dahil sa kanya.." natatawa pang tanong nya.

"Tch! Tapos.. nakita ko pang pinahawak mo sa kanya yung tako nya pagkatapos nun!"

"Edi ipapahawak ko rin sayo.."

"Tch! Hindi na!"

"Tignan mo 'to.." mahinang sabi nya pa na tumingin na naman sakin. **"Nag-iimbento ka ng mga bagay dyan sa isip mo tapos magseselos ka at ako ang sisisihin mo??"**

"S-Sino ba naman kasing hindi magseselos?? E-Ex mo yun.. n-nilalapitan mo pa.."

"Wala naman kasing masama kung kausapin ko sya.."

"N-Nakakaselos nga.."

"Wala naman kaming ginagawa di ba??"

"N-Nakakaselos pa rin.."

"Anong gusto mo? Hindi ko na sya kausapin??"

Gagawin mo ba yon kapag sinabi kong, oo??

Gusto kong isigaw sa kanya ang naisip ko pero sa hindi ko malamang dahilan ay naguilty rin ako!

"H-Hindi ko rin kasi mapigilang magselos e.." mahina na lang na sagot ko.

"Wag kang magseselos sa kanya dahil girlfriend nya ang Ate mo.."

"N-Nararamdaman ko kasing g-gusto ka pa rin nya.." sagot ko at dinig na dinig ko ang buntong-hiningang pinakawalan nya. **"N-Nararadaman mo bang gusto ka pa rin nya??"**

"Hmmm.." umasta syang nag-iisip at nakikiramdam..

Tumingin ako sa kanya na parang umaasam na sana ay HINDI ang isagot nya..

"Blurred e.." sagot nya.

"H-Ha??" takang tanong ko.

"Masyado akong nababalutan ng aura mo kaya hindi ko mabasa ang nararamdaman nya.."

"A-Ano?!" takang tanong ko pa!

"Hahahaah!" tumawa lang sya..

Ano bang sinasabi nito?!

"T-Teka.. anong aura??" natatawang tanong ko na hinawakan pa sya sa balikat.

"Itim na aura.. hahahaha!"

"A-Ano ba! Kausapin mo ko ng maayos hahahahaha.."

"Hindi ko alam.. hindi ko alam kung may feelings pa sya sakin, okay??" nakangiti munit seryosong sagot nya.

"B-Bakit??"

"Dahil wala akong pakialam, hahahahaha.."

TUG!*DUG!

Biglang tumibok ng malakas ang puso ko! Hahahahaha!

"A-Ang ibig mong sabihin.. lamang nako???" nakangiting tanong ko.

"Ugok.. magiging tayo ba kung lamang sya?! Tae.."

"Hahaahahaha!!!!" malakas na tawa ko!

"Tss.."

"Yaaaaaaaaaaaaa!"

"Yeeeeeeeeeeeeyyy!"

"Let's goooooooo SIS!!!"

"Ang galing ni Sam grabeeeeee!!!"

"Goooo SIS!"

"Woooohhh lupet!!!"

Natapos ang laro at nanalo ang SIS..

Mabilis na tumayo si Taguro kasabay nung mga kaibigan namin kaya naman tumayo na rin ako at mabilis na sumunod sa kanila! Nung bahagyang mauna samin ang mga kaibigan namin ay saka ako humabol sa kanya.

"T-Taguro.." habol ko pa sa kanya at nilingon nya naman ako at saka ngumiti..

Gulat akong napatinign sa kanya..

"Noona!"

Gulat akong napalingon sa likuran ko..

Sina Maxwell at Maxrill!

Akala ko naman ako na yung nginitian nya!

Patakbong lumapit sa kanya si Maxrill at saka umakbay!

"How have you been??" tanong ni Taguro kay Maxrill.

"I've been busy hahahahahahahaha.. Umalis kami.. sayang hindi ka nakasama.."

"Mmm?? Talaga?? San kayo pumunta??"

"Somewhere.. may inasikaso si Mokz.." sagot ni Maxrill at lumapit naman sa kanila si Maxwell.

"Kailan ang laro mo??" si Maxwell.

"Bukas.."

"Mmm.. wala kang laro ngayon?"

"Wala.. bukas na lang talaga.. SIS ang kalaban.."

"Mmm.. galingan mo.."

"Hindi ka manonood??"

"Mmm.. titignan ko.. may duty kasi ako e.."

"Bakit parang panay panay ang duty mo??"

"Third year e.."

"I see.." tatangu-tango pang sabi ni Taguro.

"Kumusta ang pakiramdam mo??" biglang seryosong tanong ni Maxwell.

"Pakiramdam?? Mmm.. okay naman.." pormal na sagot ni Taguro.

"Yung mga pasa mo??"

"Ahh okay na.."

Ganyan lang ba talaga sila mag-usap?! Kung ako ang nasa lagay ni Taguro.. paniguradong nagwawala pa rin si Noona ngayon kapag may nakita pa rin syang galos sakin!

"What's up, Deib..???"

Medyo nagulat pa ako nung batiin ako ni Maxwell.

"A-Ahh.. hi!" biglang ngiting bati ko.

"Kumusta??"

"Mmm.. okay na okay!"

"Nice.. mukhang okay na okay ka nga ah??"

"Hehehehehe.. kung may mas ookay pa don---yun ako hehehehe!"

"You look happy..."

"Very.. very happy.." napapatango pang tugon ko at saka ako sumulyap kay Taguro at parang kumislap naman ang mga mata nya nung magtama ang paningin namin!

Ayan na naman ang mga puso, Taguro.. Hehehhe!!!!

"Mmm parating na ngayon dito sila Chairman.. kasama si Mom and Dad.." baling ni Maxwell ulit kay Taguro.

"Bakit daw?" pormal na tanong ni Taguro sa kanya.

"Yung tungkol sa gulo mo.."

"E bakit dito?"

"Dahil meron rin daw nanggugulo sayo dito.."

Napatingin ako kay Taguro at bahagyang salubong ang mga kilay nya..

Pero hindi na sya nagsalita..

"Sumabay na rin kayong maglunch samin.." sabi pa ni Maxwell na tumingin sa relos nya. **"Maglalunch na tayo pagdating nila.."**

"Saan??"

"Korean Restaurant daw.. You can also come, Deib.."

Napatingin ako kay Taguro at nilingon nya naman ako.

"A-Ahh.. hehehehehe.." sabat ko. **"H-Hindi na.. lakad nyo yata'ng pamilya yan e.. maiwan na lang ako dito.."**

Gusto ko mang makasama si Taguro..

Maiintindihan ko naman kung may lakad silang pamilya..

"Are you sure?" tanong pa ni Maxwell.

"Ahh yeah.. of course.." sagot ko.

"Hindi naman lakad ng pamilya yon.."

"A-Ahh.. kahit na hehehehe.. Okay lang ako.. nandito rin naman ang friends namin, sabay sabay na kami.."

"Ikaw bahala.." tatango-tango pang sabi ni Maxwell at saka may inilabas sa bulsa nya. **"Ye, yoboseyo?"**

Translation: Yes, hello?

"Okay, susunod kami dyan.." dagdag pa ni Maxwell.

Napatingin naman ako kay Taguro at muling nilingon nya ako.

"Sasama na muna ako sa kanila.. sumama ka na muna kila Naih.." mahinang sabi pa ni Taguro at nginitian ko naman sya.

"Mmm.. okay lang.."

"Wag kang hihiwalay kay Naih.."

"A-Ayan ka na naman e.."

"What??"

"Tch! Kung magsalita ka parang nanganganib naman ang buhay ko e!"

Kinakabahan ako twing magbibitiw sya ng mga salitang may kinalaman sa pag-iingat! Pakiramdam ko may mangyayaring masama!

Hindi pa naman ako kalmado kapag wala sya sa paligid ko..

Natawa sya ng bahagya at saka tinapik ang balikat ko..

"Sige na.. sumunod ka na lang muna kila Naih.." malumanay na utos nya pa.

"Babalik ka agad ah??" mahinang pakiusap ko pa.

"Tss.. pwede ba namang hindi kita panoorin?!"

"Siguraduhin mo lang na manood ka dahil kapag hindi.. h-hindi tayo magchachampion.." kunwaring pananakot ko sa kanya.

"Oo na.. kumain kang maige ah??"

"Oo naman yes, boss babe!"

"Tss.. sige na.. Pumunta ka na don.."

"Sige.."

"Sige.."

"Ingat kayo ah??"

"Mmm.."

"Ahh Maxrill.." tawag ko kay Maxrill. **"Ingat.."**

"Yes, Hyung.." sagot naman ni Maxrill.

At saka ako tumingin kay Maxwell na kumaway na agad habang may kausap pa sa cellphone, kaya naman kinawayan ko rin sya. At saka ako muling bumaling kay Taguro.

"Mamimiss kita.." nakangiting bulong ko pa. Hindi sya sumagot at ngumiti lang.. **"Hihintayin kita.."** sabi ko pa na inilapit ang mukha ko sa kanya at..

PINISIL NYA NA NAMAN ANG PISNGI KO!!!

Pakiramdam ko ay nagtayuan ang lahat ng balahibo ko at napapalunok ko pang naipikit ang kanang mata ko kasabay ng pagpisil nya sa kanang pisngi ko!

Kukurap kurap pa akong napatingin sa kanya at ngumiti naman sya ng bahagya..

"Sige na.. Tss.. nakakailang paalis na ako sayo, nandito ka pa rin sa harap ko.. Hindi kami makaalis oh.." nakangiting pang-aasar nya pa at nginusuan ko naman sya.

"Tch! Ang sweet mo talaga.." bulong ko pa at saka tinapik ang balikat nya.

"Kita na lang tayo mamaya.."

"Hihintayin kita.."

"Mmm.. kumain ka ng marami ahh.."

"Mmm..." pigil ang ngiting sagot ko pa at saka nakangiti pa ring tumalikod sa kanya!

Nakagat ko pa ang dila ko sa sobrang tuwa!

Hehehehehe! Ang cute cute namin ni Taguro hahahhaha!!! Pakingshet.. Haaaaay..

Nakangiting napabuntong-hininga pa ako habang naglalakad papalayo at bago pa man ako tuluyang lumiko papunta sa Canteen ay muli akong lumingon kay Taguro at..

Bahagya pa akong nagulat nung makita kong nakatingin pa rin sya sakin habang nakapasok sa magkibalang bulsa ng pants ang mga kamay nya..

Kitang kita ko kung paanong dahan dahang ngumiti pa sya kaya naman..

Dahan dahan ring napangiti ako sa kanya!!!

Hahahahaha ang cute talaga natin.. Tsk tsk.. Taguro.. Taguro.. Tagur---

Bigla nya akong tinalikuran!

Hindi man lang tinapos yung imahinasyon ko badtrip..

Nakangusong pinanood ko silang tatlong magkakapatid palayo..

At nung hindi ko na sila matanaw ay saka ako pumihit papunta sa Canteen----

Muntik pa akong mapatalon nung biglang makita ko si KIM sa harap ko!

"K-Kim.." mahinang usal ko pa ng pangalan nya. Ngumiti lang sya sakin at saka sumulyap sa pinanggalingan nila Taguro kanina bago muling tumingin sakin.

"Mukhang nagkakamabutihan kayo ah??" sarkastikong tanong nya pa at hindi naman ako sumagot! **"Mmm.. mukhang umalis naman sila.. sa t-tingin ko, okay lang sayo'ng sabay tayong maglunch???"**

"A-Ahh may kasabay kasi ak---"

"Please??" pakiusap nya pa.

"May mga kasama rin kasi ako.." pagdadahilan ko pa.

"A-Ako kasi wala.." malungkot na sagot nya at nagtaka naman ako.

"N-Nasan ang mga kaibigan mo??" tanong ko pa.

"Psh.. ayaw nilang manood ng Interhigh e.. marami kasi kaming inaasikaso ngayon para sa programs next month.." paliwanag nya at hindi naman ako nakasagot. **"L-Lunch lang naman Deib e.. p-parang friendly lunch lang? H-Hindi na ba talaga pwede yon??"**

Nakaramdam ako ng konting inis!

Kahit pa okay lang yon, hindi ko maiwasang makaramdam ng inis! Lalo na at hindi nya ako binibigyan ng choice kung hindi samahan sya!

"S-Sige na nga.." napipilitang sabi ko at saka nagpaumunang pumasok sa Canteen. Agad ko namang nakita don sila Lee, Tob, Parrot, Michiko, Migz at BJ. **"Sumabay na lang tayo sa kanila.."**

"E h-hindi ko naman kaclose ang mga yan.." malungkot na namang sabi nya at napabuntong-hininga naman ako at saka humarap sa kanya.

"Hindi naman magandang tignan kung hihiwalay tayo sa kanila at kakain tayong dalawa??" inis na tanong ko.

"A-Ano namang masama don, Deib?? W-Wala naman masyadong nakakakilala satin dito.. a-and besides, paniguradong ayaw rin akong makasama ni Zarnaih sa table na yan.. at nung ibang friends pa nila ni Maxpein.."

"Tsk.."

"Please, Deib??"

"Si Lee na lang kaya yayain mong maglunch??"

"E-Eh m-mukhang enjoy na enjoy silang magkasama n Zarnaih oh.." turo nya pa at nilingon ko naman sila at totoo nga ang sinabi nya kaya naman napabuntong-hininga na naman ako dahil ramdam kong wala na talaga akong choice.

Parang magiging napakasama kong tao kung tatanggihan ko sya at hahayaang mag-isa! Pero kung tutuusin kayang kaya kong gawin yon dahil wala na akong pakialam sa kanya!

Pero okay lang rin naman sakin kung magiging friends kami.. Tch! Wala naman na akong dahilan para magalit sa kanya.. si Taguro na ang laman ng puso ko hehehehe..

Hindi ko na sya sinagot at dumeretso na lang ako sa line..

"Oh Deib??" dinig kong tawag pa sakin ni Tob.

"S-Sasabayan ko si Kim maglunch.."

"Ha?!" gulat na tanong nya. **"Bakit!?!"**

"Tch.. ewan ko ba dyan.. Nakita lang na umalis si Taguro, niyaya na ako.. Mapagsamantala.. hahahahaha!" natatawang sagot ko.

"E okay lang naman ba sayong sabayan sya??"

"Wala namang masama di ba? Hehehehe.. wala nga lang rin akong pakialam sa kanya hahahaha.. Pagbigyan na.. kawawa naman e.. Wala daw syang kasama.."

"E bakit hindi mo pa isabay satin?! Bakit sosolohin mo pa?!"

"Tch.. nag-iinarte e.. Kesyo baka ayaw daw syang makasabay ni Parrot at ni Michiko at nung mga bakla.."

"Sabagay.."

"Ikaw na lang bahalang magpaliwanag sa kanila.."

"Sige.. pero.. baka magselos si Max nyan, yari ka.."

Oo nga no!

Baka sabihin nya.. porket wala sya.. si Kim ang inaatupag ko!

"Hahaha joke lang, dre! Nanlaki agad mata mo ah?! Hahahaha.. wag ka mag-alala.. maiintindihan nya naman yun.." biglang bawi ni Tob at napatingin naman ulit ako sa kanya.

"Loko ka.."

"Sige na.. umorder ka na at bilisan mo na lang kumain para lipat ka samin agad hahahahahaha!"

"Nice nice.." natatawang sang-ayon ko pa sa kanya at saka tinapik sya sa braso at muling um-order..

Maya maya pa ay kumakain na kami ni Kim at hindi ko sya masyadong kinikibo...

"Okay na kayo ni Max??" biglang tanong nya at napatingin naman ako sa kanya.

"Kailan ba kami hindi naging okay??" tanong ko kunwari na kumakain pa rin at lumilingon kila Tob.

"Dati.."

"Dati yun Kim, marami ng nagbago ngayon.."

"Ang bilis ngang magbago e.."

"Dati ng nagbago, Kim.. hindi ko lang napansin talaga.."

"Do you love her?"

"Why do you ask??" tanong ko at nagtuloy sa pagkain ko.

"I wanna know.."

Hindi ko sya sinagot..

"Haha.." kunwaring tawa nya. **"Para kayong naglalaro.."** pang-aasar nya pa. **"Naglalaro ng feelings ng isa't isa.."** biglang sarkastikong dagdag nya. **"Hindi mo man lang ba masabi sa sarili mo kung ano ba talaga sya sayo?? Bakit, Deib?? Ako pa rin ba??"**

"W-What??" nagpipigil ng inis na tanong ko.

"Ako pa rin ba ang mahal mo kaya hindi mo masabing si Maxpein ang mahal mo?!"

"K-Kim..." usal ko. **"Ang lakas naman ng loob mo'ng sabihin yan?!"**

"Oh come on, Deib.. anong malay ko kung ginagawa mo lang 'to para masaktan ako!? At ginagawa lang ni Maxpein 'to para saktan ang ex nya?!"

"Tch.."

"See?? Hindi mo nga ako mabigyan ng sagot e!"

"Dahil ikaw mismo.. kaya mong sagotin ang tanong mo.." mahinang sagot ko.

"Kung mahal mo talaga sya.. hndi ka na mag-aalinlangang sumagot pa.. Dapat sinasabi mo sa lahat ang feelings mo sa kanya! Dahil yun ang gusto ng mga babae.." nakangising sagot nya at nginisian ko rin sya.

"Yes, I love her.. I love her so much na sana sya na lang ang kaharap ko ngayon at hindi ikaw.." nakangiti munit inis na sagot ko at saka umastang tatayo pero pinigilan nya ako.

"I-I'm sorry.." paumanhin nya na pinigilan pa ako.

"Tch.. wag ka ngang gumawa ng sariling conclusion mo dyan sa isip mo?? The reason why I'm not telling you how I feel about her dahil ayaw kong masaktan ka.. Wala ka ng maasahan sakin---sasaktan pa kita?? Hindi ako ganon.."

Hindi sya nakasagot at napatungo na lang..

"Just finish your food and leave.." sabi ko na muling naupo at ipinagpatuloy ang pagkain ko.

MAX'S POV

Dumeretso kami nila Maxwell at Maxrill sa Korean Resto na malapit sa subdivision ng bahay nila Sensui.

Nandon na sila Dad, Maze, Mokz at Chairman Moon pagdating namin..

"Oh?? I didn't know you're coming?" nakangiting baling sakin ni Mokz at kinindatan ko lang sya bilang tugon. **"Sitdown.."**

Tinanguan pa muna naming tatlo ang lahat bago kami tuluyang naupo.. Mabilis namang lumapit samin ang dalawang waitress at nag-abot ng menu..

"What do you want to have??" tanong pa sakin ni Maxwell na nilingon ako dahil nasa pagitan namin si Maxrill.

"Kahit na ano.." sagot ko at ala, nya na yun awtomatiko. Um-order sya agad at maya maya lang ay pare-pareho na kaming naghihintay sa lunch namin.

Nangibabaw panandalian pa muna ang katahimikan bago may magsimulang magsalita..

"Matapos ang trip nyo from Palawan, wala na akong narinig mula sa inyo..." pormal na usal ni Chairman Moon habang nagtitingin sa organizer nya. Naingat ko naman sa kanya ang paningin ko at nagtama ang paningin namin. **"You look okay now.. mabuti naman at mabilis nawala ang mga pasa mo.."**

"Binigyan ko sya ng cream.." sabat pa ni Maxwell.

"Mmm.. That's nice.. So as I was saying.. wala na akong narinig mula sa inyo tungkol sa Palawan?? How was your trip??" tanong nya pa na tumingin kay Maxwell.

"Everything was fine.. we enjoyed a lot.. Its very relaxing.. sa wakas nakapagrelax rin ako.." nangingiting sagot pa ni Maxwell.

"And how about you, sonja??" baling ni Chairman kay Maxrill.

Translation: Sonja-Grandson

"Mmm.. I enjoyed my stay there, harabeoji.." nakangiting sagot pa ni Maxrill. **"I enjoyed how comfortable I felt staying there.."**

Translation: Harabeoji-Grandfather

Tatangu-tango at nakangiting nakinig sya sa parang batang nagkukwentong si Maxrill at saka bumaling sakin..

"And how about you??? How was your *'assignment'*???"

Taka akong napatingin sa kanya at tumingin naman sya sakin na parang naghihintay ng sagot. Tumaas pa ang dalawang kilay nya at ngumuso..

Binigyan nya ako ng makahulugang tingin na nakuha ko naman agad ang ibig sabihin..

Bumuntong-hininga naman ako at sumandal bago magsalita..

"Ano nga ba yung assignment ko?" takang tanong ko pa at parang nanlumo naman sya.

"I was expecting you to give me the exact measurement of the land, Maxpein.." madiing sagot nya.

"Mmm that.. I didn't expect it to be that big.. ruler ang nadala ko.." sarkastikong sagot ko.

"Ha ha ha ha ha ha ha ha ha ha!" malakas na tawa naman ni Mokz! At nakita ko naman ang palihim na tawa ng Chairman..

"Ang importante ay nag-enjoy sila.. hindi ba??" natatawa pa ring tanong pa ni Mokz kay Chairman.

"Nag-enjoy ka ba??"

"Sinong hindi mag-eenjoy? Haha.. Kasama nya ang unico ijo ng mga Enrile.." sabat ni Maze at nagsimulang bumaho ang hangin..

Mabuti na lang at dumating ang order namin at nagsimula na kaming kumain.

"Wala kang laro?" maya maya pa'y tanong sakin ni Dad.

"Mmm.. bukas pa.."

"Championship?"

"Yeah.."

"Goodluck.."

"Mmm.. SIS ang kalaban ko.. yung pinakamagaling na billiard player na babae'ng kilala ko.." sagot ko at napatingin naman ang lahat sakin maliban kay Maze na nananatiling sarkastiko habang kumakain at nakikinig.

"Ahh?? May mas gagaling pa pala sayo?? Ha ha ha ha ha ha ha ha ha!!!!" si Mokz. Tinawanan ko lang sya.

"Noona, I'm sure you'll win this one.." si Maxrill.. nginitian ko naman sya.

"Mmm.. sa dami ng cheerers nyan, paniguradong mananalo yan.." si Maxwell.

Sinuklian ko naman sila ng mapagkumbabang ngiti..

"Goodluck.. Kahit alam kong mananalo ka.." ulit pa ni Dad.

"Thanks, Dad.." sagot ko.

"Panigurado namang magagawa nyang mag-Champion sa larangan na yan.. Ikaw ba naman ang ipagpalit mo ang pag-aaral mo ng dahil sa pagbibilyar?? Paniguradong naging mas mahusay sya sa linyang yan.. kaya nga makalipas ang ilang taon ay third year high school pa rin sya hanggang sa ngayon.." sarkastikong sabat ni Maze.

"Mom.." pigil sa kanya ni Maxwell at pasiring nya lang na inalis ang tingin nya sakin at nagtuloy sa pagkain.

"At yung mga nakaaway mo??" sarkastikong tanong muli sakin ni Maze!

"What about them?" pormal na tanong ko.

"Hindi ka naman ba nila ginulo ulit?" kunwaring nag-aalalang tanong nya pa.

"Hindi na.."

"Mmm.. takot lang nila sayo, ano??"

"M-Mom.." pigil ulit sa kanya ni Maxwell.

"What?!" natatawa kunwaring tanong ni Maze kay Maxwell.

"We're suppose to be *'enjoying'* the food.."

"I'm enjoying.. Are you enjoying the 'korean' food, Maxpein?!" sarkastikong tanong pa ni Maze.

"Mmm.." matipid na sagot ko.

"See?? She's enjoying the food, son.." natatawa pa rin kunwaring baling ni Maze kay Maxwell.

Walang magawang matino sa buhay..

"Ahh yeah.. nakausap namin ang mga Enrile.." sabat na naman ni Maze. **"Nag-enjoy daw ang unico-ijo nila sa Palawan at pinaplano nilang magconduct ng Medical Mission doon, sinuggest mo ba 'to??"**

"No.." maikling sagot ko.

"Then who??"

"Si Deib mismo.." sabat ni Maxwell.

"Ahh yeah??? So he's into Medicine too??" tanong ni Maze.

"Buong family nila actually.." sagot ni Maxwell.

"That's nice.. Maxpein's into Medicine too.. mukhang magiging maayos ang *'relasyon'* nila.."

"Kumusta na nga pala kayo ng bata'ng Enrile??" nakangiting tanong ni Mokz.

"We're good.." pilit ang ngiting sagot ko.

Mabilis kaming natapos sa pagkain kahit na walang ginawa si Maze kung hindi ang maging sarkastiko sakin..

Maya maya pa ay sabay sabay kaming pumunta sa Luna, pero sa kotse ni Maxwell ako sumabay.. Pagkababa ay dumaan pa ako sa isang maliit na convenient store at bumili ng mga energy drinks at saka sumabay papasok ng LU.

Dumeretso kami sa Dean's Office at nagstay sila doon..

Maayos naman kaming sinalubong ng Dean ng LU.

"M-Magandang hapon po.." magalang na bati samin ng Dean ng LU.

"Good afternoon, Dean Hadi.." pormal na bati sa kanya ni Chairman.

"Welcome to Luna University, Chairman Moon.." nakangiting bati nya pa. **"Maupo po kayo.. Ipinatawag ko na po ang Presidente.."**

Nag-usap sila at ako naman ay nananatiling nakatayo at tingin ng tingin sa oras..

Ala-una na at paniguradong magsisimula na ang laro ni Sensui!

"Ahh.. Cely, kumuha ka muna ng makakain at maiinom para sa mga bisita.." utos pa ni Dean sa assistant nya at saka muling bumaling sa amin. **"Masaya ako't napadalaw kayo.. Ano po'ng maipaglilingkod ko sa inyo, Chairman Moon??"**

"Dinig ko'y laganap na ang fraternity sa school na 'to?? Mukhang nalimutan mo na yata ang magandang usapan natin tungkol sa nais kong maging patakaran ng school na 'to, Dean Hadi??" sarkastikong tanong ni Chairman at natigilan naman ang Dean.

~BRIZK! BRIZK!~

Hindi ko na nagawang pakinggan ang usapan nila dahil biglang nagvibrate ang cellphone ko..

~Naih Calling. . . ~

Nireject ko ang tawag at saka ko binasa ang mga texts.

Text Message Received

Naih

Hoy! Nasan ka na ba?!

Yung Deib mo! Wala sa hulog!
01:30pm
Binasa ko pa ang ibang texts..
Text Message Received
Sensui
Akala ko ba manonood ka??
01:02pm
Text Message Received
Sensui
Nasan ka na??
12:59pm
Text Message Received
Sensui
Taguro! Hihintayin kita ah???
12:59pm
Text Message Received
Sensui
Papunta na kami sa court..
Hihintayin kita..
12:58pm
Text Message Received
Sensui
Babe, anong oras ka babalik??
12:57pm
Text Message Received
Sensui
Babe, kain ka ng marami ah?!
d=)
12:20pm
Text Message Received
Sensui
Babe?? Sumabay sakin si Kim
maglunch.. Ang kulit e..
Bumalik ka na at paalisin
mo sya sa harap ko!
Hehehehehe! d=)
12:00noon

Kalalaking tao.. kitikitext..

Lumapit ako kay Dad at Mokz at saka nagpaalam..

"D-Dad.."

"Mmm??"

"M-May laro si Deib, kailangan ko ng umalis.." bulong ko pa at nilingon nya naman ako.

"Go ahead.."

Gulat akong napatingin kay Chairman!

"A-Ahh.. m-may laro ho kasi si Deib.." napapahiyang ulit ko pa.

"Go ahead.. susunod kami doon.."

Bakit?!

"A-Ahh s-sige ho.." sagot ko pa at saka tumango sa kanilang lahat..

IIling-iling pa akong lumabas ng office na yun..

Pagpasok ko sa court..

"Kyaaaaaaaaaaaaaa!!!"

"Waaaaaaaaaaaaaa!"

"Yaaaaaaaaaaaa!"

"Oh my Gooooooooooddd!!!!"

"Goooooo BIS!!!"

"Gooooo Lunaaaaa!!!!"

Mabilis kong iginala ang mga mata ko sa mga players na nasa court..

WALA SI SENSUI!

Lumingon ako sa bleachers at agad na hinanap ng mga mata ko ang team nila..

Agad ko namang nakita si Naih kaya naman agad rin akong lumapit sa kanila..

Munit natigilan ako bago pa man ako tuluyang makalapit nung biglang sumandal si Sensui at mapansin kong nakaupo si Kim sa tabi nya..

Napabuntong-hininga ako at saka ako tuluyang lumapit at naupo sa bakanteng-upuang katabi ni Sensui..

"Bakit ngayon ka lang??" tanong pa sakin ni Naih na dumantay pa kay Lee para makausap ako dahil si Lee ang katabi ko. Bahagya rin akong tumuon sa tuhod ko para mas magkarinigan kami.

"Dumaan pa kasi kami sa office nila Chairman, kasama ko sila e.."

"Oh?? E nasan na sila?!"

"Naiwan don.. kinakausap yung Dean.."

"Ahh.. Nako.. kanina ka pa inaantay nyan oh!" sabi nya na inginuso pa si Sensui.

Masyadong maingay sa court kaya naman hindi rin masyadong dinig ang usapan namin.

Sumandal ako at nilingon naman ako ni Sensui..

Nginitian ko sya..

"A-Ahh.. m-mauna na muna siguro ako.." biglang tumayo si Kim. **"S-Salamat sa time mo, Deib.."**

"Mmm.." maiklin sagot ni Sensui kay Kim.

Tumingin lang sya sakin at saka naglakad paalis..

Tinignan pa sila nila Naih at saka sumulyap sakin at kumindat..

"B-Bakit ngayon ka lang??" mahinang tanong ni Sensui.

"Nag-usap pa kasi kami nila Chairman.. dumaan rin kami sa Dean's Office nitong Luna, bago pako makaabot dito.. N-Na-late ako.. s-sorry.." bulong ko pa.

"A-Ayos lang.. nakakain ka ba ng maayos??"

"Mmm.. ikaw?"

"M-Medyo.."

"Tss.. bakit hindi ka nakakain ng maayos e may kasabay ka naman??" pang-aasar ko sa kanya at pinandilatan nya naman ako ng mga mata. **"Mmm.. dinalan kita ng energy drink.."**

"H-Ha??" gulat na tanong nya at saka inabot yun. **"A-Ang dami naman??"**

"Para meron rin sila.." nakangiting sabi ko pa.

"Nabuhat mo lahat 'to??"

"Mmm.. malakas ako e.." sabi ko pa na ipinakita kunwari ang muscle ko. **"Bakit hindi ka naglalaro?"** tanong ko pa na tumingin ulit sa court.

"Kanina pa ko e.. tignan mo ang score.." sabi nya at saka ako tumingala sa score board.

Tumingin ako sa relos ko at wala pang bente minutos silang naglalaro!

88-38..

Lamang na lamang ang BIS sa LU!

"A-Ang laki naman ng lamang nyo??" tanong ko.

"Mmm.. si Gonza.. mukhang hindi maganda ang lagay nya.."

Gulat akong napatingin kay Sensui at saka dahan dahang lumingon sa court at hinanap ng paningin ko si Gonza..

Nakaupo rin sya sa bleachers..

"A-Anong nangyari??" tanong ko.

"Hindi ko alam.. pero parang hirap na hirap syang tumakbo.." kwento nya at nilingon ko ulit sya at nakinig. **"Kaninang umaga.. napansin ko na yung binti nya.. medyo nangingitim.. Pero sabi nya wala daw yon.."**

Nakaramdam ako ng kaunting pag-aalala pero hindi ko ipinahalata..

"O-Oh e bakit nga hindi ka na naglaro??" tanong ko pa.

"E kaya naman na nila yan.." mayabang na sagot nya pa. **"Kay Tob lang.. paniguradong taob lahat yan.."** sabi nya na inginuso pa si Tob na kasasambot lang ng bola at mabilis na tumakbo at tumira!

HULOG!

"Kyaaaaaaaaa!!"

"Waaaaaaaaa!"

"Goooooooo BIS!!!"

"Mahahabol pa yan LU!!"

"Gooo LU!!!"

"Let's goooo BIS!!!"

"BIS!!!!"

"Goooo Yanaiiii!!!!"

"Ang galing moooooo Tooooooooobb!!!!" sigaw ni Michiko!

Kitang kita ang pagpapakitang gilas ni Tob..

Nice one, Tob.. Ganyan nga.. maganda ang aanihin mo pagkatapos nyan dahil sasagotin ka na ni Michiko..

"Kita mo na?? Hindi na namin kailangang maglaro pa dahil kay Tob palang, walang wala na sila.." si Sensui.

"Tss.. baka naman dahil nag-eenjoy kang maupo kanina??" nakangising tanong ko sa kanya at nanlaki ang mga mata nya!

"A-Anong gusto mong sabihin, ha?!" inis kunwaring tanong nya.

"Sabay na maglunch.. sabay pang manood.. Ang sweet.." pang-aasar ko pa sa kanya!

"S-Sya 'tong sumama e.."

"Hahahaha.."

"Tch! Oo, at hindi ka man lang nagselos!?"

"Tss.. bat naman ako magseselos..??"

"Si Kim yon!"

"Oh e ano ngayon??" natatawang tanong ko at ngumuso sya.

"H-Hindi ka talaga nagselos??"

"Bakit nga ako magseselos??" tanong ko pa sa kanya dahilan para mas ngumuso sya at pasiring na iiwas ang paningin sakin. **"Hindi ka naman maaagaw nun sakin sa pagsabay sabay nyong maglunch.."** nakangising dagdag ko pa habang nakatingin sa court at saka lumingon sa kanya at kitang kita ko naman ang pagpipigil nya ng ngiti. Nakangiting tumingin rin ako sa kanya at saka pinisil ang pisngi nya. **"Wag kang paupu-upo dyan.. pumasok ka don at magpakitang gilas ka sakin.. huling laban mo, hindi mo man lang ba ako pabibilibin??"** natatawang tanong ko pa.

"A-Ang yabang mo.."

"Tss.. sige na.. Gusto kitang makitang maglaro.."

"Talaga?? Baka mamaya.. pumasok ako don at magpakitang gilas tapos birahan mo na naman ako ng alis??" nakangusong tanong nya pa.

"Hindi na ako aalis.. kaya sige na.."

"Tss.. mamaya na.. on going pa e.." nakangising sagot nya pa at umakbay sa sandalan ng upuan ko.

"Oh my God.. look at them.."

"Geez.. sila na kaya??"

"What do you think?!"

"I don't know.."

"Wag naman sana.."

"Bagay kaya sila.."

"Hindi sila bagay!"

"Wag si Deib huhuhuhuhuhu.. mabrobrokenhearted na naman ako!"

"Huhuhuhuhu kaso.. bakit ganon?! Bagay sila!"

"Huhuhu nakakaiyak!"

Malakas na bulungan nung mga nasa likuran namin.

"Naririnig mo ba yun??" natatawang bulong nya sakin.

Maang-maangang tumingin ako sa kanya.

"Ang alin?" kunwaring tanong ko.

"Andaming nanghihinayang kasi taken na ako.."

"Talaga??"

"Mmm.. at andami ring nagsasabing bagay tayo.." nakangiting bulong nya pa.

"Naniwala ka naman??"

"A-Ang yabang mo.." nakangusong sabi nya na naman. **"K-Kung si Kim yan.. n-nagselos na yun!"**

"E kaso.. hindi ako si Kim.." nakangiting sabi ko pa.

"O-Oo nga pero.. s-sana nagseselos ka di ba?!"

"Ang lagay e, magseselos ako dahil lang sa nanghihinayang sila?? Tss.. hayaan mong sila ang magselos.. dahil akin ka.." nakangising sagot ko at natawa na naman sya na nagpipigil pa. **"Aissh.. tsk tsk.."**

~PRRRRRRRIIIITTTT!!!!!!!!~

Napatingin kami sa court nung biglang pumito ang referee.

"Papasok na ako.. manood ka ah??" mayabang na utos nya pa.

"Geh.. mula ulo hanggang paa, panonoorin kita.." sagot ko pa.

"Bilangin mo lahat ng puntos ko.. kailangan lahat yun susuklian mo ng kiss.."

"Sige lang.."

"T-Talaga??"

"Umasa ka lang hehehehehe.."

"Tch! Buset.." nakangusong singhal nya pa at natawa naman ako.

"Ayoooonn.."

Napatingin ako sa mapang-asar na banat ni Naih na yon..

"Ang tamis tamis ng ngiti mo ngayon ano??" sarkastikong tanong nya pa habang nakangiwi. **"Anong flavor mo ngayon? Strawberry? Honey? Chocolate?? Sobrang tamis mo e.. O baka naman pinaghalo-halo ka?! With extra sugar pa??"**

"Tss.."

Tumayo sya at napunta sa tabi ko..

"Hindi ka ganyan e.." nakangiwi pa ring banat nya. **"Magtiwala ka sakin, Maxpein.. hindi ka ganyan.."**

"Ano na naman ba yon?" inis kunwaring tanong ko.

"Ang sabi mo nung nakaraan.. yung nararamdaman mo ay hindi sing lala ng naiisip ko pero---baaaaaket pakiramdam ko e mas malala pa sa naiisip ko ha?! Umamin ka nga sakin?! In love ka na kay Sensui noh!?"

"Manahimik ka nga.."

"Asoooss! Ayoooonn.. ganon?? Nagkajowa ka lang---mas naglihim ka na sakin?!"

"Tss.. ikaw ba syosyotain ko para ipaalam ko pa sayo lahat ng nararamdaman ko??" pang-aasar ko sa kanya.

"Ahh ganon?! Ganon!? Matapos mo kong patayin kaiisip sayo---ganyan ang sasabihin mo sakin!?"

"Wag ka ngang OA.. panoorin mo na lang si Lee at panonoorin ko si Sensui.."

"Nakakainis ka ah! Naglilihim ka na talaga sakin!"

"Naih, magkaibigan tayo pero hindi lahat kailangan alam mo.." seryosong pang-aasar ko pa sa kanya pero sa loob loob ko ay gusto ko ng matawa dahil sa nakakatawang ekspresyon ng mukha nya.

"Psh! I hechu!"

"Stop me, Naih.." biro ko pa.

"Naaaay! Hahahahaha!"

"Let's goooo BIS!!!" dinig naming sigaw ng Team nila Sensui kaya naman nanahimik na kami ni Naih.

~PRRRRRRRIIIITTTTTTT!~

Pumito ang referee kaya naman isa-isang nagsipagbalikan ang players sa court..

Sumulyap pa sakin si Sensui na hindi na maalis-alis ang ngiti sa pisngi hanggang sa makarating sa gitna ng court..

"In love na in love si Deib oh.." bulong pa ni Naih.

"Mmm.. parang ikaw lang.." pang-aasar ko pa rin sa kanya at siniringan nya na naman ako.

"Suuuusss.. mukhang tumitindi ang nararamdaman mo para sa kanya, kaibigan!" pang-aasar nya pa!

"Ganon talaga.. pinapalago ang nararamdaman, Naih.. Hindi tinitipid yan.." natatawang biro ko pa at binigyan nya naman ako ng nanunuksong tingin.

Mabilis na nagsimula ang laban at panay panay ang score ng BIS.. Hindi pa man nakakashoot si Sensui pero bawat hakbang nya patakbo ay hindi nawawala ang mga ngiti sa mukha nya..

Pumasok si Gonza kaya naman mas pinanood ko sya..

Bakas nga sa postura nya ang hirap na dala nya..

Halatang nahihirapan syang tumakbo at iika-ika syang maglakad..

Hindi tulad noon na para syang hangin sa bilis..

"Kyaaaaaaaaaa!"

"Yaaaaaaaaaa!"

"Waaaaaaaaa!"

"Goooooooo Deib!!!"

Naghiyawan ang mga babae nung mabilis na makascore si Sensui.

"Anong nangyayari kay Gonza?" tanong ko habang nanonood pa rin.

"Ewan ko nga e.. kanina pa yan, alam mo ba?? Napapansin na nga rin namin e.. At tignan mo yung dalawang binti nya.. Nangingitim yung bandang ibabaw! Sa tingin ko kapag inangat mo ang shorts nyan, babalatay ang nangingitim na hita nyan!"

Pinagmasdan ko ang bawat kilos nya dahilan para hindi ko gaanong mapanood ang paglalaro ni Sensui.. Mabilis na tumakbo ang mga minuto at nananatili'ng kay Gonza nakatuon ang atensyon ko.. Tama si Naih, kitang kita ang pangingitim sa binti nya at sa tingin ko rin ay mas nangingitim pa ang mga hita nya..

Anong nangyari??

Hindi ko maiwasang hindi mag-alala..

Ano na lang ang sasabihin ng Nanay mo kapag nakita nyang ganyan ka? Tss..

Mabilis na natapos ang laro at hindi na sila nakahabol pa..

Masyadong malaki ang lamang ng BIS sa LU kaya naman nahirapan na silang humabol pa..

"Congraaaaaaaaattsss BIS!!!"

"Wooooooohhh!!

"Chaaaampioooonnn!!!!"

"Pucha pare 4-0!!!!"

"Kyaaaaaaaaa!! Four taymis na tayong Champion!!!" biglang sigaw ni Michiko at nagkatinginan namin kami ni Naih.

"A-Anong taymis??" takang tanong ni Naih sakin at nagkibit-balikat naman ako.

Pinanood naming magtakbuhan papalapit sa kanila ang mga team mates nila habang nakikipagkamay sila sa LU..

"Ang galing nila noh??" si Michiko.

"Inspired e.." biro naman ni Migz.

"Hoy mga bakla.. umamin nga kayo?! Kayo ba e---pinagsasasagot nyo na yung big three?!" si BJ.

"Hindi pa.." nakangiting sagot ni Michiko! **"Sasagotin ko pa lang si Tob, kasi nagchampion sila hehehehehehehe!"**

"Ahh basta ako.. hindi pa!" taas-noo'ng sagot ni Naih. **"Ewan ko lang yung iba *'dyan'*.. hehehehe!"** pagpaparinig nya pa sakin.

"Ay shuuu.. bakit teh?! May manliligaw ka ba!?" pang-aasar ni BJ kay Naih na mabilis namang pinandilatan sya ng mga mata!

"Meron!" sigaw ni Naih sa kanya!

"Sino naman, aber???"

"S-Si L-Lee.."

"Ay teh.. ang sabi ng Papa Lee, gusto ka lang daw nya.. Pero wit nya sinabing nanliligaw sya.. wag assuming teh ha?? Yan kadalasan ang dahilan kaya tayo nasasaktan.."

"Hahahaahaha!!!" at nagtawanan sila..

Sinalubong ko naman ng tingin si Sensui na naglalakad na papalapit samin..

"Anggaling moooo Tooob!"

"Goooo Toooobb!!!"

"Mas magaling si Leeeee! Love youu Leeee!"

"I loove youu Deeeeib!"

"Gooo Deiiibb!"

"Ang galing mo Deeeeeiib!!!"

"We looove youuu Tooooob, Leee and Deeeeiibb!!!!"

Sigawan nung mga babae at kinawayan naman sila ni Sensui.

"Kyaaaaaa!!!"

"Waaaaaaaaaa!!!"

"I loooove youuu Deeeeiib!!!!"

Pinanood ko pa syang maglakad papalapit saming nung biglang...

Ilapat nya sa ere ang magkabilang kamay nya at umastang sasalubungin ako ng yakap!!!!

At tuluyan nya nga akong niyakap!!!!!

"Waaaaaaaaa!"

"OMG!"

"My Gooood!!!"

"Oh hinde!!!"

"Huuhu!!!"

Nagluksa ang mga babae'ng nakakita..

"Woooow ang sweeet!!!" pang-aasar pa nung mga bakla.

Bumaba ang paningin sakin ni Sensui habang nakayakap sakin!

Ang daming nakatingin!

Sya ang kusang humiwalay sakin!

"Kumusta ang laro ko???"

"M-Maayos naman.." kabado pa ring sagot ko.

"Hehehehehe.."

At mabilis na tumakbo ang oras at masaya kaming nanood ng ibang sports.. Panay ang bati nung iba dahil nga Champion na ang basketball team ng BIS. Marami rin ang naiinis at naiinggit pero hindi na yon nakabawas pa sa saya namin..

Kami naman bukas..

Nung mag-uwian ay masaya kaming sabay sabay na naglakad papalabas ng LU. Nagbibiruan sina BJ, Migz, Michiko at Tob. Busy naman sa pag-uusap sina Lee at Naih. At si Sensui naman ay panay ang ngiti sakin..

"Gusto mo bang dumaan muna tayo sa Mall??" nakangiting tanong nya pa.

"Bakit??" tanong ko.

"Wala naman.. sabi mo kasi.. araw-araw mo akong idedate??"

"Sinabi ko ba yun?"

"Biro lang.." biglang bawi ko. **"Bukas na lang.. after ng Championship.."**

"Tch.. ang aga aga pa, maghihiwalay na agad tayo.."

"Magkikita naman tayo bukas e.. susunduin mo ko di ba??"

"T-Talaga??"

"Tss.. oo, dahil hindi ka pwedeng pumunta dito ng hindi mo ko kasama.."

"Hehehehe.. bakit naman??"

"Para----Hm!" naiusal ko pa dahil sa mabilis na pagdaklot na yon sa braso ko!

SI MALLYU!

"M-Mallyu..." usal ko pa.

"A-Ano na namang ginagawa mo dito!?" sabat ni Deib pero dinuro lang sya ni Mallyu!

Kitang kita ko ang galit sa mga mata nya kaya naman sinenyasan ko si Naih at bahagyang lumayo sila sa amin..

"Ikaw ba ang nagpatawag sa mga magulang namin?!" galit na galit na tanong nya!

"Ha?!" takang tanong ko!

"Psh! Ikaw ba kako ang nagpatawag sa mga magulang namen!"

"At ano namang gagawin ko sa mga magulang nyo?!" inis na tanong ko at napanganga pa sa galit si Mallyu!

"Pinakaayaw ko sa lahat ay yung kinakanti ako ng patalikod, Maxpein!"

"Inaano ba kita?!" inis na tanong ko sa kanya!

"Pinapatawag ng Presidente at Dean namin ang magulang namin pareho ni Yago---at nakakasiguro akong may kinalaman ka dito!"

"Hindi ko alam ang cellphone number ng mga nanay nyo---anong ako ang sinasabi mo!?" inis na tanong ko!

"Ha! Kelan ka pa naging bobo, Maxpein!?"

"Kelan ka pa naging matalino, Mallyu?!"

"Wag mo kong daanin sa pagiging pilosopo mo dahil wala ako sa hulog ngayon!"

"Sinabi ng wala akong alam dyan sa sinasabi mo!" sigaw ko sa kanya!

"Sumagot ka ng maayos sakin kung ayaw mong may mangyaring hindi maganda sayo ngayon dito!" sigaw nya at natahimik ako! **"Pinapatawag ang parehong magulang namin ni Yago at bukod sayo ay wala kaming ibang ginagalaw na tao!"**

"Ha! E sa hindi nga ako! Bakit ba ipinipilit mo!? Hindi ka ba makakapagtanong ng maayos ha?!"

"Pano ko paniniwalaan yang sinasabi mo e bukod sayo---wala naman kaming ibang tinarantado!"

"Oh e anong gusto mong gawin ko?!"

"Nakakasiguro akong nagsumbong ka sa mga magulang mo!"

Natigilan ako..

Tss.. sa dami ng nakakaaway nila? Bakit pa sya nagtataka..??

"Wala akong alam dyan.." sagot ko.

"Edi hindi ka nagsumbong?"

"Bakit ako magsusumbong?! E kung kayang kaya kong basagin yang mukha mo?!"

"Wag kang magyabang, Maxpein!"

"Bitiwan mo nga ako!" sigaw ko sa kanya na hinila ang braso ko! **"Woi! Ilang beses na kitang pinagbibigyan ah?! Nananatili akong kalmado kahit na kung anu-ano ng pinaggagagawa mo sakin! Wag mong ubusin ang pasensya ko!"**

"Hindi ako natatakot sayo!"

"At mas lalong hindi ako natatakot sayo, Mallyu.." mahinang bulong ko at saka bumaling sa mga kasama ko.

"Tandaan mo 'tong araw na 'to, Maxpein.. Kapag nalaman kong ikaw ang dahilan kung bakit ipinatatawag ang mga magulang namin ni

Yago at kapag nagkataong napatalsik kami sa school na 'to.. *'uubusin ko lahat ng kakilala mo'..*" banta nya pa habang nakatalikod ako at hindi ko naman na sya pinansin.

Kinabahan ako sa sinabi nya pero hindi ako nagpahalata dahil bakas ang takot sa mukha ng mga kasama ko..

"Okay ka lang ba??" tanong ni Deib. **"A-Ano na naman ba kasi yon??"**

"Nakakatakot naman yon, teh.." si Migz.

"Oo nga! Baka kung anong gawin satin nun?!" si Michiko.

"Don't worry, hindi naman namin kayo pababayaan.." si Lee. **"Pero.. bakit ganon yon, Max??"**

"Y-Yun yung nambugbog samin ni Deib di ba?!" si Tob.

"A-Anong ipinuputak nun, Max??" si Naih. Huminga naman muna ako ng malalim at saka nagsalita.

"Nagagalit sya dahil ipinatawag daw ang mga magulang nila ng Dean at President ng LU.." sagot ko. At nakinig naman lahat sila.

"Oh e ano namang kinalaman mo dun??" si Naih.

"Hindi ko alam.. pero.. galing kasi dito ang mga Moon at kinausap ang Dean nila.. b-baka yun yon.." napapailing na sagot ko.

"Edi maganda?? At least, ngayon tinulungan ka na ng family mo di ba?? Masasabi ko ng may kiber na sila sayo, teh.." bakas pa rin ang pag-aalalang sabat ni BJ.

"Pero nagalit sila Mallyu.." bulong ni Naih.

"Wala akong pakialam..." mahinang sagot ko. **"S-Sige na.. tara na.. B-Bukas, dito ang meeting place natin.."** sagot ko pa.

Hindi na ako nakaramdam pa ng kalma matapos nun..

Nag-iba ang kalmadong pakiramdam ko..

OceanofPDF.com

CHAPTER 124 : CHAMPIONSHIP

KEV'S POV

Matapos kong manood ng laro ng ibang school ay mag-isa akong bumalik sa room namin para kunin ang gamit ko..

Tapos na lahat ng laro at marami na rin ang nag-uuwian..

"Huhuhu sana nga ay nagkakamali lang tayong si Maxpein at Deib na nga!"

"Gaga! Pano tayo magkakamali e kitang kita na ng dalawang mata nating nagyakap na nga sila!"

"Edi sila na ngang talaga! Huhuhuhu!"

"Malamang!"

"Nakakainis naman oh!"

"Oo nga e! Matapos ni Kim! Sila naman ngayon!"

"Nakakaloka.. hindi ko talaga inakalang magkakatuluyan sila!"

"Pero in fairness.. bagay sila di ba?!"

"Huhuhu sad to say, but yes! They look soooo cute!"

"Yiiiieeeee!!! Nakita mo ba kung pano niyakap ni Deib si Taguro?! OMG!"

"Ang sweeeeeettt nilaaaaa!!!!"

"Supppeeerrr! Like sana mangyari yun sakin! My God.."

"Nakakainggit naman si Maxpein.."

"Sinabi mo pa!"

Napahinto ako sa paglabas ng pinto nung marinig ko ang kwentuhan ng nag-aartihang estudyante ng BIS..

Sinundan ko pa sila ng tingin habang naglalakad sa baku-bakong hallway namin..

Tsh.. mayaman sa mayaman.. bagay na bagay nga..

Inis akong lumabas ng room na yun at saka naglakad papalabas ng school..

May mangilan ngilan pa ring sumusulyap sakin habang naglalakad ako at malamang karamihan sa kanila ay nagtataka kung bakit ganito ang lakad ko.. parang hirap na hirap!

Naglalakad ako papalabas ng LU nung biglang makasalubong ko si Jermayne..

Hindi talaga kami nagpapansinan..

May kaunting iringan..

Pero hindi ko sya matiis..

Sya na lang ang natitira kong tunay na kaibigan..

"J-Jermayne.." tawag ko sa kanya kahit nakalampas na sya sakin, agad naman akong lumingon paharap sa kanya.

Nananatili syang nakatalikod sakin kaya naman napabuntong-hininga ako..

"S-Sorry.." mahinang usal ko pa.

At saka sya dahan dahang humarap sakin..

Nananatiling blangko ang mukha nya at deretsong nakatingin sakin..

Parang bumalot ang guilt sa buong katawan ko..

"S-Sorry kasi.. m-matigas ang ulo ko.. n-nadamay pa yung laro ko, n-natalo tuloy tayo.. S-Sorry, pare.." mahinang usal ko pa.

Pero hindi sya nagsalita at nanatiling nakatingin sakin.

Please, pare.. pakisama naman.. Ikaw na lang ang sigurado akong totoo'ng tao sakin..

"J-Jermayne.." animong nakikiusap pang usal ko ng pangalan nya at bumuntong-hininga naman sya at iniwas ang tingin nya sakin.

Alam kong magsasalita na sya kaya naman bahagya pa akong lumapit sa kanya.

"S-Sorry talaga.. s-sorry kasi dahil sakin natalo tayo.." dagdag ko pa. **"K-Kung hindi ako nagpadala sa problema ko.. h-hindi sana tayo matatalo.."**

"Tsh.. hindi lang ikaw ang magaling sa Team natin, Kev.. malakas naman talaga sila at mahirap kalabanin.." sagot nya pa.

"K-Kasalanan ko pa rin.."

"Ano ba kasing sinuot mo??" pigil ang inis na tanong nya. **"P-Pare.. hindi na kita maintindihan, parang hindi na kita kilala e.."** bumuntong-hininga ulit sya. **"Parang hindi na ikaw yung Kev Gonza na kilala ko---anong nangyari sayo?!"**

Napatungo ako sa diin ng pagkakasigaw nya sakin..

Alam kong galit sya at alam kong hindi magiging madali sakin ang ibalik ang tiwala nya..

"Masyado kang nilalamon nyang galit mo.. Sa sobrang tindi ng galit mo.. s-sariling buhay mo na yung sinisira mo Kev.. Hindi ka naman ganito noon di ba?! Maayos ang buhay mo---at masaya! Kuntento na tayo sa buhay nating kahit kapos--basta masaya! Nagbago lahat nung nagsimula kang magtatanong tungkol dyan sa buhay ng Nanay mo!" sigaw nya pa at mas napatungo pa ako sa pagkapahiya. **"Hindi kita maintindihan.. at hindi yata kita maiintindihan.. Kakaiba na kasi yang isip mo.. Nagugulat na nga lang ako kasi nagagawa mo pa ring magsorry ngayon.. buti naman naisipan mong magsorry?"** sarkastikong tanong nya pa kaya naman iniangat ko ang paningin ko sa kanya.

"S-Sorry talaga, pare.." sabi ko.

Bumuntong-hininga ulit sya habang salubong ang kilay na nakatingin sakin..

"Tignan mo ang sarili mo.. ni hindi ka makapaglakad ng maayos!" sigaw na naman nya.

Hindi ako nakasagot..

"Anong sasabihin mo sa Nanay mo kapag nakita nila yan?!" tanong nya pa.

"H-Hindi ko naman balak ipakita e.."

"Sa tingin mo naman, hanggang kailan mo maitatago sa kanila yan!?"

"H-Hindi ko alam.."

"Tignan mo na?! Puro ka kasi kalokohan! Hindi mo naman kayang lusutan!"

"T-Tsk.. nandito na 'to kaya kung pwede.. wag na tayong magtalo.. Nagsosorry na nga ako e.."

"H-Hintayin mo ko dyan, kukunin ko lang yung gamit ko.." sabi nya at saka mabilis na tumalikod.

"Dinala ko na.." sabi ko dahilan para matigilan sya at muling lingunin ako. Itinaas ko naman ang kaliwang kamay ko habang hawak ang bag nya para makita nya.

Umiling sya bago tuluyang lumapit sakin at pahablot na kunin yon...

"I-Ikaw na lang ang natitirang tunay na kaibigan ko kaya sana pare.. m-maintindihan mo.." bulong ko pa.

"Hindi kita maiintindihan kahit kailan kaya wag ka ng umasa.."

"Pucha pare.. para naman tayong magsyota nito e.." asar na sabi ko pa. **"M-Magpapaliwanag ako.."**

Nagsimula kaming maglakad tuluyan papalabas ng school.. Maglalakad lang kami pauwi..

"Alam mo naman kung anong klaseng tao sila Mallyu at Yago di ba? Bakit sumali ka pa sa tropa nila? Hindi ka pa ba kuntento'ng kaibigan mo ko?!"

"H-Hindi mo kasi maintindihan.."

"Dahil hindi ko ugaling mambugbog tulad nila!?? Oo! Alam ko! Hindi ako sing tapang nila at hindi ako sing lakas nila! Pero sa puso't isip ko.. *'kaduwagang'* matatawag yung ginagawa nila!"

"J-Jermayne.."

"Okay na okay na tayo sa buhay natin sa school---bakit naisip mo pang sumali sa kanila?! Nauulul ka na ba talaga ha!?" sigaw nya pa habang naglalakad kami ng mabagal papauwi.

"Tsk.. E-Ewan ko ba.. nauulul na nga yata ako.." napapabuntong-hiningang sabi ko pa. **"Sa tingin ko ay tama ka.."** sabi ko pa na lumingon sa kanya at muling bumuntong-hininga. **"Masyado akong nagpadala sa galit ko sa mga Moon na nagawa kong sumali sa grupo nila---"**

"Bakit ka nga ba sumali sa kanila?!"

"D-Dahil a-alam kong matutulungan nila ako---"

"Saan?!"

Hindi ako nakasagot..

"Alam mo----imbes na matulungan ka nila---sila pa mismo ang magpapahamak sayo, nasisiguro ko yan pare!" sigaw nya na naman na huminto pa sa paglalakad at hinarap ako! **"May nalaman ka bang mabuting nagawa nung mga yon?! Sumali ka sa frat nila para lang may malaman sa mga Moon?! Kabaliwan na yan pare e!"**

"J-Jermayne.."

"Hindi ko kasi maintindihan, Kev! Nagagalit ka sa mga Moon, e kung tutuusin wala naman silang atraso sayo! Ang sabi ko naman sayo---alamin mo na muna sa Nanay mo kung anong nangyari bago ka magtanim ng magtanim ng galit dyan sa dibdib mo! Tignan mo ngayon yang sinuot mo?! Sa tingin mo makakaalis ka dyan!?"

"Tsk.. h-hindi mo naman kasi naiintindihan e.."

"Ang alin na naman?!"

"H-Hindi mo kasi nakita kung paanong tinapak tapakan na naman nung Maze Moon na yun ang pagkatao ko nung nakaraan!"

"Kaya ka sumali sa frat nila Mallyu?! Tsh! Anong klaseng dahilan yan??"

"H-Hindi naman yon e.."

"Tsh! E ano ba talaga?! Walang makuhang matinong sagot sayo e! Tinatanong kita kung bakit ka sumali sa grupo nila Mallyu---ang sabi mo dahil matutulungan ka nilang malaman ang tungkol sa mga Moon.. Tinanong kita kung para saan?? Dahil kamo tinapak tapakan ni Maze Moon ang pagkatao mo.. ngayon mo sabihin sakin, sa anong paraan nya tinapak tapakan ang pagkatao mo?!"

Hindi ako nakasagaot..

~FLASHBACK~

"You're from Luna?" tanong sakin ni Maze Moon! Kasalukuyan akon nanonood sa rambol ni Choco at Maxpein nung bigla syang dumating at sampalin at ipahiya si Maxpein!

"Y-Yes.." nanginginig ang boses na sagot ko.

"You told them that Maxpein is adopted??" natatawa pa kunwaring tanong ni Maze sakin.

"D-Dahil yon ang narinig ko.." sagot ko.

"Do I know you?"

"Hindi.."

"Then why do speak that way to me? Do you know I deserve to be respected?!"

"I'm sorry.."

"So... saan mo naman napulot ang sinasabi mong adopted si Maxpein?"

"S-Sabi ng kaibigan ko p-po.."

"Sinong kaibigan naman?? Ito??" turo ni Maze kay Choco at umiling agad ako..

"H-Hindi po.."

"E sino??"

"M-Mga schoolmate ko po.."

"Naniwala ka naman?"

~END OF FLASHBACK~

'Yan lang ang pinag-usapan namin pero parang tinapakan nya na ang pagkatao ko!'

"Ano?! Hindi ka makasagot?? Kasi pare.. bakit ba hindi mo na lang aminin sa sarili mo'ng *'wala kang magagawa'*??? Limitado ang

nalalaman mo at wala kang ebidensya kung bakit nangyari lahat yan sa Nanay mo at sa mga Moon! Nagsasayang ka lang ng oras mo dyan sa galit mo na hindi mo naman alam kung para saan!"

"G-Gusto ko kasing maiganti ang Nanay ko!"

"Sa anong dahilan nga!? Pare, ni hindi mo nga alam kung bakit nila ginanon ang Nanay mo e! Pano kung kaya nila pinalayas ang Nanay mo at hindi tinulungan kasi may nagawa sya sa kanilang kasalanan!?"

"Hindi nya magagawa yan!" inis na sigaw ko sa kanya!

"Ewan sayo, pare! HIndi talaga kita maiintindihan kasi---ikaw, may kinikimkim na galit---at ako wala! Kaya hinding hindi kita maiintindihan! Bahala ka dyan! Solohin mo yan! Kung ganyang klase ng kalokohan rin lang ang susuungin mo---bahala ka mag-isa! Wala kang maaasahan sakin! Don ka sa mga bago mong kaibigan!" sigaw nya at saka tumakbo papalayo..

Napapailing na pinanood ko sya palayo..

Naiintindihan ko sya..

Pero bakit ako ang hindi nya maintindihan?!

Gusto kong habulin si Jermayne pero masyadong masakit at mahina ang hita, tuhod at binti ko..

Hindi ko nagawang maglaro ng maayos..

Hindi ko magawang tumakbo ng maayos..

Hindi ko magawang maglakad ng maayos..

Lahat 'to ay dahil sa hazing na naganap kahapon sa pagitan ko at ng mga kagrupo nila Mallyu at Yago..

Oo..

Pumasok ako sa grupo nila.

~FLASHBACK~

"Bago natin simulan 'to.. pwede mo bang ulitin sakin ang mga dahilan kung bakit ka papasok samin?!"

Napatingin ako sa tanong na yun ni Mallyu.

"D-Dahil marami kayong nalalaman sa mga Moon at g-gusto kong m-makaganti sa kanila.." nangingig pang sagot ko.

"Mmm.. dahil yan sa Nanay mo, hindi ba??" tanong nya pa at tumango naman agad ako. **"Malinaw naman siguro sayo'ng kapag nagkaipitan.. *'bawal'* ang kantahan??"**

"O-Oo.."

"Siguraduhin mong listo ka, bata.. para hindi ka napapahamak.." ngingisi ngising sabat ni Yago.

"O-Oo.." sagot ko ulit.

"Kung ganon.. ngayon hindi mo na kailangang mag-isa.. Kapag kailangan mo ng tulong namin, makakaasa ka.." nakangiting sabi ni Yago habang hawak hawak ang baseball bat nya.

Kasalukuyang nakatali ang dalawang kamay ko habang nakasabit ako sa bakal na kisame ng abandunadong lugar na 'to..

"Wala pa mang ginagawa sayo, Gonza---mukhang kinakabahan ka na??" natatawang tanong pa ni Mallyu habang pinaglalaruan ang filter ng sigarilyo nya..

"H-Hindi.." nanginginig na sagot ko.

"Sa una masakit.. pero sa huli masarap at maginhawa.." seryosong dagdag pa ni Mallyu at saka tumingin sakin. **"Isipin mo na lang ang pamilya mo at hindi mo na mararamdaman ang sakit nito.."**

~BAAAAAAAAAAAM!!!!!!!!!!~

"Aaaaaaaaaaaahhh!!!!!!!!!!!!!!" malakas na sigaw ko!

~BAAAAAAAAAAAM!!!!!!!!!!~

"Aaaaaaaaaaaahhh!!!!!!!!!!!!!!"

~BAAAAAAAAAAAM!!!!!!!!!!~

"Aaaaaaaaaaaahhh!!!!!!!!!!!!!!"

~BAAAAAAAAAAAM!!!!!!!!!!~

"Aaaaaaaaaaaahhh!!!!!!!!!!!!!!"

~BAAAAAAAAAAAM!!!!!!!!!!~

"Aaaaaaaaaaaahhh!!!!!!!!!!!!!!"

~BAAAAAAAAAAAM!!!!!!!!!!~

"Aaaaaaaaaaaahhh!!!!!!!!!!!!!!"

Halos huminto ang puso ko sa paulit-ulit na palo'ng ginawa sakin ni Yago!

Ramdam ko ang panghihina ng tuhod ko at pamamanhid ng pambabang katawan ko!

Hindi ko na halos maitungkod ang mga pa ko dahil pakiramdam ko ay mas malambot pa sa buhok ang mga binti't hita ko..

Nakikita ko ang mga kasamahan nila Mallyu at Yago na nagtatawanan pa sa harap ko habang umiinom at nag-uusap pero sadyang wala na akong marinig..

Hanggang sa unti-unting umikot ang paningin ko at mawalan ako ng malay..

~END OF FLASHBACK~

Sa dami ng inalala kong nangyari ay hindi ko namalayang nakarating ako ng bahay..

Pagod na pagod ang katawan ko at nanginginig na ang mga tuhod ko kaya naman hindi pa ako tuluyang nakakapasok sa loob ng bahay ay napaupo na ako..

Ginagawa ko 'to para sa Nanay ko, Jermayne.. Kaya kung hindi 'to tama para sayo.. hindi ko kailangan ang kaibigang tulad mo..

Napabuntong-hininga ako sa sarili kong naisip at ramdam ko ang pangingilid ng mga luha ko..

"Kuya??"

Naiangat ko ang paningin ko at bahagyang lumingon sa likuran ko..

Ang bunsong kapatid ko..

"O-Oh bunso.. k-kanina ka pa dyan??" tanong ko sa kanya.

"Anong ginagawa mo po dyan??" tanong nya kaya naman ngumiti agad ako at dali daling tumayo at hindi ipinakita sa kanya ang hirap ko..

Nagpantalon ako para naman walang makakita sa kanila ng mga namuong pasa at maga sa likuran ko.

"A-Ahh napagod kasi si Kuya.. s-sportsfest namin ngayon di ba??"

"Panalo ka ba ulit, Kuya??" batang batang tanong nya pa habang nakangiti..

Pilit akong ngumiti kahit na nalulungkot talaga ako..

"H-Hindi nanalo si Kuya e.."

"K-Kaya ka ba po malungkot?"

"M-Mukha bang malungkot si Kuya??" tanong ko pa at tumango naman sya. **"H-Hindi malungkot si Kuya.. pagod lang talaga.."** pilit ang ngiting sabi ko pa na ginulo ang buhok nya. **"Nasan ang Nanay??"**

"Nasa loob, minamasahe po si Tatay.."

"E bakit nandito ka sa labas??"

"Nag-aaway na naman kasi po sila e.."

Natigilan ako sa sinabi nya.

Hindi ko na magawang magtanong kung bakit dahil nakaramdam na agad ako ng pag-aalala..

Mabilis akong hinawakan sa kamay si bunso at saka kami naglakad papasok sa loob ng bahay..

"Wala kang silbe! Ang lakas lakas mo pa bakit hindi mo magawang magtrabaho!"

Mula sa pintuan ay dinig na dinig ko ang malakas na pagsigaw ni Tatay..

Umakyat ang inis sa ulo ko!

Ano na naman bang nangyayari sa kanya?! Sya 'tong walang pakinabang kaya dapat magalit sya sa sarili nya! Gago!

Inis akong pumasok sa kwarto ko at iniwan si bunso doon.

"D-Dito ka na muna ah?? Kakausapin ko lang sila Nanay at Tatay.."

"Mmm.. m-may pagkain ka po dyan Kuya??"

"B-Bakit??" takang tanong ko.

"H-Hindi kasi kami nakapagtanghalian e.. heheheheh.."

Mabilis na nangilid ang luha ko sa sinabing yon ni bunso..

Kaya naman dinukot ko sa bag ko ang libreng merienda namin kanina na sadyang inuwi ko bilang pasalubong sa kanya.

"E-Eto.." abot ko sa kanya.

"Woooowww! Mamon!" masayang sigaw nya pa kaya naman ginulo ko pa uli ang buhok nya.

"Dito ka lang ah?? Ienjoy mo yang pagkain mo.." nakangiting sabi ko at tumango naman agad sya.

At saka ako mabilis na lumabas ng kwarto ko at naglakad papunta sa kwarto nila Nanay at Tatay..

Pero bago pa man ako tuluyang makalapit..

"Bakit hindi mo magawang humingi ng tulong sa asawa mo?! Bakit hindi mo magawang magmakaawa sa kanya ng kaunting barya para man lang maipagamot natin 'tong mga paa ko!" dinig kong sigaw ni Tatay!

Kinabahan ako bigla..

"Pakiusapan mo na ako sa lahat.. wag lang yan.." malumanay na sagot sa kanya ni Nanay.

At doon ako kumalma..

Napabuntong-hininga pa ako dahil nakahinga ako ng maluwag..

Ang totoo ay ayaw kong lumapit si Nanay sa asawa nya..

Ayokong mawala sya samin..

Naging maayos ang buhay naming magkakapatid simula nung dumating sya samin..

Hindi man naging maginhawa.. naging maayos naman.. Hindi na kami nabubugbog.. hindi na kami nagugutom.. hindi na kami nagmumukhang

basahan..

~FLASHBACK~

"Nay.." tawag ko kay Nanay Heurt.

"Mmm??" nakangiting tugon nya.

"Mmm.. pwede ko bang malamang k-kung.. a-anong klaseng pamilya ang m-meron ka bago mo nakilala yung Tatay namin??" deretsong tanong ko at natigilan sya.

Gayunpama'y mabilis syang nakarekober at mabilis na ngumiti sakin..

"Maayos naman.." nakangiting sagot nya na biglang nalungkot. **"...sana.."** mahinang dagdag nya kaya naman natigilan ako.

"S-Sana?? B-Bakit naman po sana??" takang tanong ko pa. Nakangiting bumuntong-hininga sya at saka tumingin sa malayo habang naghahalo ng munggo.

"Hindi kasi kami perpektong pamilya.." mahinang usal nya na itinuong muli sa munggo ang paningin nya at sinimulang haluin yun. **"Tulad ng normal na pamilya ay.. buo rin naman kami.. Isang Tatay.. isang Nanay.. at isang anak.."** nakangiting sabi nya pa at saka tumingin sakin. **"P-Pero tulad ng pamilya natin ngayon ay hindi rin ako tunay na asawa.."**

Napanganga pa ako dahil sa narinig ko!

"A-Ano po??" gulat na tanong ko.

"Naanakan lang ako sa pagkadalaga.."

Hindi makapaniwalang napatingin ako sa kanya.

"Hindi sya tulad ng Tatay mo.. Sobrang yaman nya at.. sobrang tahimik.." nakangiting sabi nya pa. **"Sobrang hirap naman at ingay ng Tatay mo.."** natatawang dagdag nya pa.

"A-Ano nga bang nagustohan nyo sa Tatay ko??" inis na tanong ko.

Dahil ako mismo ay hindi ko maintindihan kung anong nagustohan nya sa Tatay ko!

Walang pera!

Manggagancho!

Magnanakaw!

Sindikato!

Walang asenso!

Wala na nga syang maipalamon samin---panay pa ang sugal nya!

"Sabihin na lang nating.. T-Tatay mo na lang ang natitira sakin nung oras na iniwan na ako ng buong mundo.." nakangiti munit bakas ang

lungkot na sabi nya..

~END OF FLASHBACK~

"Kahit kaunting pera lang Heurt.. hindi mo ba magagawang humingi sa kanila?!" sigaw na naman ni Tatay sa kanya!

"Tapos na kitang asikasuhin.. a-aalis na muna ako at hahanap ng makakain ng mga bata---"

"Bumalik ka na sa kanila at iwan mo na kami!!!!"

Kinabahan ako bigla sa lakas ng pagkakasigaw na yon ni Tatay!

"A-Ano bang sinasabi mo, Kaday?!" inis na tanong ni Nanay.

"Inuutusan kitang bumalik na sa kanila at pabayaan na kami---"

"Hindi ko magagawa yan!"

"Hindi ko na kailangan pa ang awa mo, Heurt!"

"Wag kang sumigaw dahil maririnig ka ng mga bata!" sigaw pa ni Nanay.

"Tama na ang mga sakripisyo mo para sa pamilya'ng 'tong hindi naman sayo!"

"Kaday.."

"Tigilan mo na ang pagpapanggap mo at bumalik ka na sa dati mong buhay!"

"Alam mong wala na akong babalikan!"

Hindi nakasagot si Tatay.

"Bakit ba ang tigas nyang ulo mo?! Hindi ka na nga makatayo---ganyan pa ang sinasabi mo?! Bakit ba hindi mo na lang tanggapin na eto na talaga ako at eto na ang buhay ko! Hindi ko na magawang balikan ang dating pagkatao ko dahil eto na ako at ayaw ko ng bumalik sa dati!" sigaw na naman ni Nanay.

Ano nga ba sya dati???

Hanggang ngayon ay andami dami kong tanong sa isip ko sa twing maririnig ko silang mag-aaway! Ano ka nga ba dati, Nay?? Bakit si Tatay?? Kasi hanggang ngayon hindi ko masagot ang mga tanong sa isip ko..

"Umalis ka na dito.." dinig kong sabi pa ni Tatay at tumunog ang kama nya kaya naman alam kong papalabas na ng kwarto'ng yun si Nanay.

Hindi ko naman nagawang kumilos agad kaya naman gulat syang makita akong nakatayo sa labas ng kwarto nila.

"K-Kev.." mahinang usal pa ni Nanay.

Natinag naman ako at napayuko..

Hindi ko magawang tignan sya sa mukha..

"A-Anong ginagawa mo dyan??" tanong nya pa.

"K-Kararating ko lang po.." pagsisinungaling ko pa. **"L-Lalabas po ba kayo?? Pwede ko po kayong samahan.."**

"S-Sige.." sabi nya pa.

"T-Titignan ko lang po si Dainty.." paalam ko pa at saka tinalikuran sya at pumunta sa kwarto ni Dainty.

"K-Kuya.." si Dainty. Pangalawang kapatid ko. Hindi sya makatayo dahil sa sakit nya.

"Kumain ka na ba??" nag-aalalang tanong ko pa.

"H-Hindi pa p-pero ayos lang.. h-hindi pa naman ako nagugutom.."

Alam kong sinasabi nya lang yan dahil alam nyang wala kaming makakain..

"S-Sasamahan ko si Nanay sa labas.. b-babalik kami agad at ako na ang magpapakain sayo.." pilit ang ngiting sabi ko.

"S-Sige Kuya.."

Yun lang at bagsak ang mga balikat na tinalikuran ko sya at nagpunta sa kwarto ko.

"B-Bunso.. aalis si Kuya kasama si Nanay, hahanap lang kami ng hapunan natin.. ikaw na muna ang bahala kay Ate ha?? H-Hayaan mo na si Tatay dahil kaya nya ang sarili nya.. k-kung anong kailangan ni Ate, ibigay mo ha?? Kapag humingi ng inumin si Ate, abutan mo.."

"Sige po, Kuya.."

"Babalik kami agad.."

"Ingat po.."

Mabigat sa loob kong makita ang estado ng buhay namin pero hindi ko naman pwedeng takasan na lang 'to dahil hindi ko magagawang iwanang kawawa ang mga kapatid ko..

Kasalanan lahat 'to ng gago'ng Tatay ko!

Masama ang loob na sinalubong ko si Nanay na naghihintay na sakin sa labas..

"H-Hinabilin ko na po muna si Dainty kay bunso.." sabi ko pa paglapit sa kanya.

"Ayos ka lang ba?"

Gulat akong napatingin sa kanya sa biglaang pagtatanong nya.

Hindi sya nakatingin sakin at masyadong seryoso ang mukha nya.

"A-Ayos lang po.." pagsisinungaling ko.

"Kumusta ang laro mo?" pormal na tanong nya pa.

"A-Ayos naman po.."

"Nanalo ba?"

"H-Hindi nga po e.." mahinang sagot ko.

"Dahil hindi ka nakatakbo ng ayos??"

Naging slow motion ang paglingong ginawa ko sa kanya at nagsalubong ang paningin namin!

Deretso syang nakatingin sa mga mata ko at masyadong seryoso ang mga mata nya..

"Kahit anong mangyari, Kev.. wag mo sanang isasali ang sarili mo sa kahit na anong gulo.." mahinang sabi nya pa at saka naglakad papalayo..

Parang huminto ang puso ko sa kaba..

At nanginginig ang mga tuhod na sumunod ako sa kanya..

DEIB'S POV

Nakakahiyang sabihin pero *OO*..

AKO PA ANG HINATID NI TAGURO SA BAHAY!!!!

Ano ba naman 'to! Tsk! Badtrip!

Habang nasa byahe papauwi ay halo halong emosyon ang naramdaman ko..

Litong lito ako at punong puno ng tanong ang isip ko..

Wala namang nangyari, nangyayari at mangyayaring masama sa tingin ko pero hindi huminto sa kaba ang dibdib ko..

Nung ihinto ko ang kotse ko sa mismong harap ng bahay namin ay sinulyapan ko pa sya sa side mirror at nakita kong bumaba sya ng motor nya kaya naman, bumuntong-hininga pa ako at saka bumaba ng kotse ko't lumapit sa kanya.

Seryoso ang mukha nya pero pilit syang ngumiti sakin nung magsalubong ang paningin naming dalawa..

"Thanks.." naiusal ko na lang..

Hindi ko maintindihan ang mararamdaman ko..

Masaya..

Biglang kakabahan dahil may haharang saming gangster!

Tsk.. ano ba namang klaseng buhay 'to.. Hindi ko man lang ma-enjoy ang buhay ko kasama ang tao'ng mahal ko.. badtrip!

Napabuntong-hininga ako at saka dahan dahang napayakap kay Taguro..

Ramdam ko ang gulat nya pero hindi ko yon pinansin..

"Natatakot ako, Taguro.." mahinang usal ko at naramdaman ko ang yakap nya sa likod ko.. Napapikit pa ko sa sarap nun sa pakiramdam ko. **"Natatakot ako sa twing may magbabanta sayo.."**

Hindi sya sumagot..

At nag-isip-isip rin naman ako..

Nanatili kaming magkayakap hanggang sa kusa akong lumayo sa kanya at tignan sya sa mimsong mga mata..

"H-Hindi ba talaga tayo pwedeng magsama ng maayos?? Yung w-walang gulo.. y-yung walang dapat katakutan.. y-yung masaya at walang kahit na anong sagabal??" nag-aalalang tanong ko pa at kitang kita ko naman ang pagbalatay ng lungkot sa mukha nya.

"H-Hindi ko rin maintindihan kung b-bakit kailangang mangyari lahat 'to.." mahinang usal nya pa.

"K-Kanina habang papauwi tayo.." naiusal ko pa na tumingin sa mismong mata nya. **"....h-hindi ko maiwasang isip na.. k-kasalanan ko lahat 'to.."** dagdag ko at napatingin sya sa mga mata ko. **"E-Ewan ko ba kung bakit p-pakiramdam ko.. n-nangyayari lahat 'to ng dahil sakin.. D-Dahil ginulo ko ang buhay mo---"**

"Dati ng kumplikado ang buhay ko, Deib.. mas pinakumplikado mo lang talaga.."

"E-Edi kasalanan ko nga?!" gulat na tanong ko pa.

"Mmm.."

Napatitig ako sa kanya bago magsalita.

"A-Ano b-bang ginawa ko??" kabadong tanong ko.

"Nilito mo ang puso ko.."

Napanganga ako sa sagot nya!

"A-Ano ba! Hahahahahaha!!!" hindi ko mapigilang matawa. **"S-Seryoso ako.."** pigil ang ngiting sabi ko pa!

Baklang bakla, Deib! Baklang bakla! Tsk!

"Seryoso rin naman ako ah??" nangingiting sabi nya pa.

"Tsk.." kunwaring singhal ko pa at huminga naman sya ng malalim.

"Masyado mong ginulo ang isip ko.. ilang beses kong tinanong ang sarili ko kung anong magiging papel mo sa buhay ko.. at ngayon ko lang nasasagot ang tanong ko.."

"A-Anong sagot mo??" tanong ko pa.

"Mmm.. na mas guguluhin mo pa pala ang buhay ko?!" kunwaring tanong nya at nagitla naman ako! **"Hahahahahahahaha!"** malakas na

tawa nya at saka humawak sa magkabilang pisngi ko!

"Wag mong isiping kasalanan mo lahat 'to dahil unang una.. pinanganak na para maging tarantado sila Mallyu at Yago.. walang kang kasalanan dahil ang totoo.. nadamay ka lang.." sinserong dagdag nya pa.

"E-Eh k-kasi.. k-kung hindi ko sila sinagot sagot noon.. e-edi sana hindi na lumaki ang gulo'ng 'to.."

"Hindi mo kasalanan kung kailangan nila ng pera at pumayag silang magpabayad kay Choco.."

"O-Oo nga pero---"

"Wala ka rin namang kasalanan kay Choco di ba??" kunwaring tanong nya pa at natigilan naman ako. **"Kung meron mang may atraso kay Choco.. ako yon.. Dahil napatulog sya ng kamao ko.."**

"Tch.." singhal ko pa. **"May baul ka ba ng kayabangan at hindi ka nauubusan??"** pang-aasar ko pa.

"**Dagat.. Dagat ng kayabangan ang meron ako kaya wala 'tong katapusan.."** natatawang sagot nya pa.

"Tch.. siguraduhin mo lang na hindi ka mapapahamak dyan sa kayabangan mo, Taguro dahil hinding hindi kita mapapatawad.."

"Tss.. inaano kita??"

"E lumayo ka na lang kasi sa gulo.." nakangusong sabi ko pa.

"Lumalayo naman ako ah?? SIla 'tong lapit ng lapit.. hehehehehehe.."

"Tsk.. Taguro.. seryoso ako.. Nag-aalala talaga ako sayo.." sabi ko at sumeryoso sya kahit na ngumiti pa.

"Hindi mo kailangang mag-alala dahil hindi naman ako mapapano.."

"Pano ka nakakasiguro??" inis na tanong ko pa. **"Panay ang sabi mong wag akong mag-alala.. Ilayo ko ang sarili ko sa gulo.. Wag akong sumali sa gulo.. Tsk! Saan mo ba nakukuha lahat yan?! Bakit ganyan na lang kalaki ang bilib mo sa sarili mong makakaya mo lahat yan?! Umamin ka nga sakin?! Ikaw ba talaga si Batman?!"**

"Bwahahahahahaha!!!" sabay kaming natawa sa isa't isa..

Napatitig na naman ako sa nakakamanghang ngiti at tawa nya bago pa muling sumeryoso..

"P-Pero seryoso yung tanong ko at gusto kong sagotin mo ako ngayon.." nakangusong sabi ko pa ulit at ngumiti na naman sya. **"Bakit sa**

twing pagbabantaan ka nung mga yon ay mas inaalala mo pa ako kesa sa sarili mo?? Bakit mas iniisip mo yung kaligtasan ko kesa sa sarili mo---e kung titignan mo yung Yago at Mallyu na yun ay kitang kitang kayang kaya ka nilang saktan!"

"Kaya naman talaga nila akong saktan.."

"K-Kaya nga bakit hindi ka pa lumayo?!"

"Lumalayo naman ako di ba?? Sila lang talaga ang kusang lumalapit.." malumanay na sabi nya pa na tumingin pa sa kuko nya at saka muling tumingin sakin. **"Deib.. narinig mo naman di ba?? Tinutulungan rin ako nila Chairman Moon at nung Lolo't Daddy ko.. Nandyan rin si Maxwell para sakin.. pero.. may nangyayari ba?? Nakakalapit pa rin at nakakapagbanta sakin sila Mallyu.. kasi.. ganon kalalakas ang loob nila.. Kaya naman.. kahit na gustohin kong lumayo.. kung alam nila lahat ng lugar na pinupuntahan ko.. matutunton at matutunton nila ako.. Kaya mas pinoprotektahan ko kayo.. kasi, kapag nagmakaawa kayo sa harap nila.. hindi sila makikinig at pagtatawanan lang nila kayo---pero kapag ako.."**

Huminto sya at tumingin sa mga mata ko kaya naman bumilis ang tibok ng puso ko!

"K-Kapag ikaw.. a-ano???" tanong ko.

"Kapag ako.. magdadalawang-isip pa ang mga yon kung papatulan nila ako.."

"H-Hindi ko maintindihan e.." pigil ang inis na singhal ko at tumingin sa mga mata nya. **"U-Umamin ka nga sakin.."** utos ko pa sa kanya at tumingin naman sya ng deretso sa mga mata ko..

Hindi agad ako nagtuloy sa pagsasalita at nag-isip isip pa muna ako..

Yung ginawa nyang pagliligtas samin ni Tob..

Yung ginawa nyang pagbugbog don sa lalaking bumugbog sakin sa bar..

Yung mga binibitiwan nyang salita..

Yung takot sa kanya nung mga kasamahang gangster nila Mallyu..

At yung mga ginagawa at sinasabi nya kila Mallyu..

Muli akong tumingin ng deretso sa mga mata nya at saka hinarap sya..

"Gangster ka ba??" seryosong tanong ko at napailing sya..

Hindi sya makapaniwalang tumingin sakin at mas diniinan ko pa ang pagkakatitig ko sa kanya..

Kitang kita ko pa kung paanong lumulunok sya..

"S-Seryoso ako at gusto kong sagutin mo ako ng totoo.. Wag mo kong pagtawanan.. sagotin mo lang ako ng *'oo'*.. at *'hindi'*.. G-Gangster ka ba??" pag-uulit ko..

Hindi sya nakasagot at nananatil'ng nakatingin sa mga mata ko..

"A-Ano ba namang klaseng tanong ya---"

"Oo.. o hindi?!" pigil ko sa tanong nya.

"Hindi.." deretsang sagot nya at nakahinga naman ako ng maluwag..

Pakiramdam ko ay nabunutan ako ng tinik sa dibdib at sa utak ko..

At literal na nakahinga ako ng maluwag..

"Pero nananakit ako ng tao.."

Nanlaki ang mga mata ko sa dagdag sagot nyang yun!

Naiwan pang nakanganga ang bibig ko habang nakatingin sa kanya!

Masyadong seryoso ang mukha nya at parang napakadiin ng mga tingin nya!

Kinakailangan ko pang mapatungo dahil hindi ko magawang labanan ang mga titig nyang yon!

"A-Anong ibig mong sabihin?" hindi ko mapigilan ang sarili kong magtanong.

"Nananakit ako ng tao.. kung kinakailangan.." mahinang sagot nya.

"A-At???"

"At... hindi ako sing buti ng iniisip mo.."

Napalayo pa ako bahagya sa kanya.

"M-Max, h-hindi ko maintindihan.." kabadong sagot ko.

"Tss.." singhal nya. **"Hindi ko rin maintindihan kung bakit kailangan kong magpaliwanag sayo.. kung ganyan rin lang na matatakot ka sakin.."** salubong ang kilay na dagdag nya.

Natigilan naman ako at muling napalapit sa kanya!

"H-Hindi naman sa ganon.." napapahiyang usal ko pa.

"Tama lang na lumayo ka sakin.. dahil nananakit nga ako ng tao.. Pero.. wag mo naman sana akong layuan na parang mamamatay tao ako dahil hindi ako ganon.." pigil ang inis na sagot nya at napailing naman ako sa hiya. **"Nananakit ako ng tao kapag kinakailangan.. Siguro sa paningin ng iba *'gangster'* ako.. pero hindi kasi yun ang tingin ko sa ginagawa ko.. Ang gangster pwede kang saktan ng walang dahilan.. pero ako? Kayang kaya kitang bigyan ng sampung dahilan bago kita saktan, dahil hindi ako nananakit ng walang sapat na dahilan.."**

"P-Pero k-kasi.. p-parang ang weird.. B-Bakit kailangan mong manakit?? H-Hindi ba pwedeng.. humingi ka na lang ng tulong at sila ng bahala sa kanila?? Sa mga nananakit sayo?? H-Hindi ba pwedeng isumbong mo na lang sila sa parents mo para sila na ang bahalang umasikaso sa kanila?? B-Bakit kailangang ikaw pa??"

"Dahil sa mundong kinatatayuan ko.. hindi ka makakaligtas kung hindi ka marunong lumaban.."

"A-Anong mundo?" takang tanong ko.

"Lumaki akong habulin ng gulo, Deib.. at yon ang mundo ko..."

"B-Bakit hindi ka lumayo sa gulo???"

"Dahil nga kusa silang lumalapit sakin.."

Napabuntong-hininga ako dahil pakiramdam ko.. nasasagot nya na ang lahat ng tanong ko pero hindi ko pa rin sya maintindihan!

Dahil hindi ko naman talaga sya maintindihan! Bakit kailangan nya pang mabuhay ng ganyan kung pwede naman syang mabuhay ng normal at maging estudyante na lang!

Napapailing na tumingin ako sa kanya.

"H-Hindi ko kasi maiwasang mag-alala.." naiusal ko pa.

"Edi mag-alala ka lang.."

"B-Bakit?!" inis na tanong ko.

"Dahil hanggat nararamdaman kong nag-aalala ka para sakin.. alam kong may pakialam ka.." nakangiting sagot nya pa.. **"Ayos na sakin yon.."**

Hahahahahahahaha!!!! Taguro.. Taguro.. Taguro..

"P-Pero.. m-masisiguro mo ba saking walang mangyayaring masama sayo!?" inis na tanong ko.

"Mmm.. oo naman!" taas-noong sagot nya pa!

"Tch! Masyadong bilib sa sarili.." nakangiwing sabi ko pa na bahagyang tinuktok ang noo nya!

"Tss.. tiwala sa sarili ang tawag dyan.."

"Tch! Tiwala sa sarili?! E hambog ka nga! Bilib ang tawag dyan!"

"Okay.."

"Badtrip ka ah!" sabi ko pa kunwari!

"Tss.. pinagod mo na nga ako kaeexplain e----nabadtrip ka pa?! Hanep.."

"Ang wirdo mo kasi!"

"Ganito na e.. ganito na ang buhay ko.. Mas madaling sakyan na lang kesa talikuran.."

"T-Taguro.." mahinang usal ko pa dahil hindi ko talaga mapigilang mag-alala para sa kanya.

"Wag kang mag-alala dahil.. hindi ko naman pababayaan ang sarili ko.. Lalo na ngayon at alam kong.. may isang tulad mong iniisip ang kapakanan ko.."

Bakit ba twing kaming dalawa nya lang 'to ginagawa?! Tsk.. gusto kong marinig ng ibang tao kung gano kabigat ang mga salitang binibitiwan nya sakin dahil gusto nya ako hehehe!!!

"Alam mo ba??" kunwaring tanong ko pa. **"Nararamdaman kong napakaswerte ko dahil girlfriend kita.."**

"Tss.. mas maswerte ako dahil boyfriend kita.."

"T-Talaga??" hindi makapaniwalang tanong ko pa. **"B-Bakit naman??"**

"Mmm.. kung titignan kita ng literal.. masasabi ko talagang napakaswerte ko.."

"B-Bakit nga??" nakangiting pagpipilit ko pa..

"Kasi gwapo ka.."

"Mmm.. tapos??"

"Mayaman.."

"Tch! Tapos??"

"Mabait rin naman kung minsan.."

"T-Tapos??"

"Matalino rin naman kahit may mga kahinaan.."

"A-Ang yabang mo ah! Abnormal!" nakangusong singhal ko pa sa kanya! **"Papuri nung una tapos panlalait na ang huli?! Ganyan ka ba talaga kasweet??"**

"At higit sa lahat.. mahal mo ko.." biglang dagdag nya at natigilan ako.

"Eeeehh ang sarap mong mahalin e hahahahahahaha!"

"Wag kang mag-alala dahil.. iingatan kita.." malumanay munit nakangiting dagdag nya kaya naman ngumiti rin ako sa kanya. **"Maggagabi na.. pumasok ka na.."** biglang paalam nya..

"E kung p-pumasok ka na lang kaya muna sa loob??"

"Bakit?"

"Dito ka na kumain.."

"Hindi na.."

"Sige na.." pilit ko pa.

"Hindi na.. mauuna na ako.." nakangiting tanggi nya..

Npabuntong-hininga ako at saka ngumuso sa kanya..

"Magkita na lang tayo bukas.. hihintayin kita sa bahay.." nakangiting dagdag nya pa.

"Susunduin talaga kita??"

"Mmm.."

"Dadalin mo pa yung motor mo?"

"Oo naman.."

"E-Eh bakit hindi ka na lang sumabay sakin?! Mag-aaksaya ka pa ng gas!" inis na sabi ko!

"Mababawasan ang angas ko---"

"Manahimik ka.. sumabay ka na sakin.. Hehehehehe.."

"Bahala na.."

"Tsk.." singhal ko at tinapik nya naman ang balikat ko.

"Magkita na lang tayo bukas.." usal nya at saka tumiad..

HINALIKAN NYA ANG PISNGI KO!!

SAPAKIN AKOOO NGAYON NAAAA!!!!!'

"Goodnight.." sabi nya at saka tinalikuran ako at mabilis na sumakay sa motor nya at naghelmet!

~BEEEP!~

Bumusina pa sya at saka kumaway kahit nakatalikod na at umalis!!!

"H-Hinalikan nya ako sa pisngi.." nangingiti pang bulong ko sa sarili!!!

Hinawakan ko pa ang pisngi ko at saka pailalim na ngumiti!

"Bwahahahahahahahahaha!!!" malakas na tawa ko pa!

Taguro.. Taguro.. Taguro.. Tsk tsk..

Muli pa akong sumulyap sa pinanggalingan nya at saka ngumiti..

Susunduin kita bukas.. wag kang mag-alala hhehe..

MAX'S POV

Pagkagaling sa bahay nila Sensui ay dumeretso ako sa BIS Hospital..

Kinuha ko ang cellphone ko at idinial ang number ni Maxwell.

"Hello??" sagot nya agad.

"Mmm.. Maxpein 'to.."

"Oh? Napatawag ka?"

"Nakaduty ka ba??"

"Mmm.. pero tapos na.. Bakit?"

"Pwede mo ba akong samahan?"

"Saan?"

"Sa Mall.. mamimili lang.."

"Sige.. nasan ka ba?"

"Nandito sa baba ng ospital.. hinihintay ka.."

"Sige.. pababa na ako dyan.."

Naghintay ako ng ilang mga mnuto pa at bumaba na rin sya..

"Oh??" nakangiting bati nya sakin. **"Pano tayo magbabonding nyan e nakamotor ka??"**

"Dalin mo na yung kotse mo, magkita na lang tayo sa Pav.." sabi ko pa at saka umalis na.

Ilang minuto pa ay nasa Pavillion Mall na kami pareho..

"Anong gagawin natin dito?" tanong nya pa.

"Mamimili nga.."

"Nang ano??" takang tanong nya.

"Grocery.."

"Ahh.." sang-ayon nya at saka kami naglakad papunta sa Supermarket.

Kumuha ako ng mga pagkain na makakain sa araw-araw..

Biskwit.. Tinapay.. Palaman.. Juices.. Softdrinks.. De Lata.. Noodles.. Itlog..

"Mukhang mapera ka ah??" nakangiting biro nya pa na kumuha rin ng noodles nya at inilagay sa cart nya.

"Mmm.. marami pang natira don sa pocket money na binigay sakin ni Chairman nung pumunta tayong Palawan.. Baka isampal nya lang sakin yun kung ibabalik ko pa.." natatawang sabi ko pa.

Maya maya pa ay nasa frozen goods na kami.. Kumuha naman ako don ng mga madaling lutuin..

Hotdogs.. Bacon.. Nuggets.. Fish.. Pork.. Beef..

"Hahahahahha andami nyan ah!? Akala ko ba ayaw mo ng maraming laman ang bahay nyo?? E parang hindi nyo pa nga nauubos yung una't huling beses na pinamili ko kayo.." natatawang sabi nya habang naglalakad kami papunta sa mga personal things..

Kumuha ako ng.. Alcohol.. Powder.. Soap.. Shampoo.. Cream.. Lotion.. At kung anu-ano pang kinakailangan at ginagamit sa araw-araw..

"Hindi para sakin 'to.." pormal na usal ko at napahinto naman si Maxwell sa pagtutulak ng cart nya.

"Ha?! E para kanino?!" gulat na tanong nya pa. Bumuntong-hininga ako bago nagsalita..

"Nakita ko na si Heurt.." napapatungong usal ko habang kumukuha ng cotton.

Hindi ko sya tinitignan pero alam kong nakatingin sya sakin.. At dahil hindi sya nagsasalita ay alam kong gulat pa rin sya..

"P-Pein.." mahinang usal nya pa kaya naman nilingon ko na sya at saka pilit na ngumiti sa kanya.

"Hindi maganda ang buhay nya.." dagdag ko pa at mas natigilan sya. **"A-At kung hindi naman magiging pabigat sayo.. g-gusto ko sanang samahan mo ako sa kanya ngayon para ihatid 'tong mga 'to.."**

"P-Pein.."

"Hindi ako naaawa sa kanya.. naaawa ako sa mga batang binubuhay nya dahil alam kong hindi nya kaya.. Sabihin na nating gusto ko lang tulungan yung mga batang kumupkop sa kanya kahit na hindi nya man lang nagawang alaga----"

NIYAKAP NYA AKO..

"Alam kong hindi madali ang pinagdadaanan mo.. at hindi lahat ng tao sa paligid mo at naiintindihan ang pagkatao mo.. Pero gusto kong malaman mo na hinding hindi ako magsasawang sabihin sayong napakabuti mo'ng tao, Pein.." mahinang bulong sakin ni Maxwell at nangilid naman ang luha ko kahit na napangiti ako.

"Aww.. ang sweet naman nila.."

"They look nice.."

"Ang cute nung guy.."

"Ang gwapo kamo.."

"Magkapatid kami.." sabi ko don sa babae'ng nakikipagbulungan sa kasama nya. At saka ako kusang lumayo sa biglaang pagyakap na yun ni Maxwell. **"Tss.. wag mo na ngang uulitin yun.. napagkakamalan tayo e.."** biro ko pa kay Maxwell.

"Hahahahahaha!!! Who cares?! Natuwa ako sa sinabi mo e.. you deserve a hug! Hehehehehe.."

"Tss.." nakangiting singhal ko at saka nagpatuloy..

Nung matapos ang pamimili ko ay halos hindi na magkasya sa cart ko ng mga box at plastic bags ng mga yon kaya naman kinakailangan kong ilagay sa cart ni Maxwell ang iba.

"Ang dami.." nakangiting sabi nya pa habang naglalakad kami papalabas.

"Mmm.. kaya nga sinama kita e.. para sa kotse mo lahat hehehe.."

"Tsh! Mautak ka talaga.." pang-aasar nya pa munit hindi ko na sya nagawang sagutin dahil napahinto ako sa isang outlet ng mga damit pangbata.. **"May bibilin ka ba??"** tanong nya pa na huminto rin sa harap ko. **"Let's go.."** sabi nya na pumasok na sa loob nung outlet.

"Welcome.. Sir.. Mam.." bati samin nung Clerk at tinanguan naman namin sila.

Pumunta agad kami sa Girl's Section..

"Para kanino naman 'to??" tanong ni Maxwell na kumuha ng sapatos na pambabae.

"Sa bunso.." pormal na sagot ko na kumuha rin ng sapatos.

"Maganda ang isang 'to.." sabi nya pa na inabot ang dress.

"Mmm.. maganda nga.."

"Ilang taon ba yun??"

"Hindi ko matandaan pero.. sa tingin ko ay kasya sa kanya yan.."

"Mmm.. I'll take this.." baling nya don sa clerk. **"And these.."** sabi nya na iniabot pa ang ibang kinuha nya at kinuha ko.

Gulat akong napatingin sa kanya at nakangiti naman syang nilingon ako.

"I'll pay for it.." nakangiting sabi pa ni Maxwell kaya naman natuwa ako..

Maya maya pa ay naglalakad na ulit kami papalabas.. Bigla syang huminto at pumasok sa drugstore.. Tinignan ko lang sya at hindi na sumama sa loob.. nung makalabas sya ay don ko sya tinanong.

"Ano yan?" tanong ko pa habang nakatingi sa plastik na hawak nya.

"Mmm.. para kumpleto hehehehe.." sabi nya pa.

"Ano nga yan?"

"Gamot.. malamang hehehehe.."

Matapos naming isakay lahat ng napamili namin sa kotse nya ay sumunod sya sakin habang papunta sa bahay nila Gonza.. Napahinto ako nung makita ko sila Gonza at Heurt na naglalakad papalabas ng eskinita nila..

Saan naman kaya ang punta nila?

Nung makalampas na sila ay saka ako pumasok sa kalsada nila hanggang sa makarating kami malapit sa bahay nila..

"Bakit ka huminto kanina??" tanong pa ni Maxwell habang ibinababa namin isa-isa yung mga box.

"Nakita ko sila e.."

"Sinong sila??"

"Si Heurt at yung anak nya.."

"O-Oh e bakit nga huminto ka?? Ayaw mong magpakita?"

"Mmm.. hindi naman.. Since, umalis na rin naman sila.. Naisip kong mas magandang hindi na magpakita.."

"Eh??" takang tanong nya pa at hindi ko na sya kinibo.

Binuhat ko ang iba sa mga pinamili namin at buhay nya naman ang karamihan sa mga yon.. Inilapag na lang namin yun nung mismong nasa harap na kami ng bahay nila..

"Ano?? Iiwan na lang natin 'to dito??" takang tanong nya pa at tumingin naman ako sa mga mata nya at saka muling tumingin sa mga pinamili namin..

At saka ako luminga sa kalsada..

"W-Wala naman sigurong kukuha nito dito?" inosente pang tanong ko.

"Tsh.. loko.. Hindi mo rin masasabi kaya sige na, tumawag ka na sa loob.."

"Pein, tumawag ka ng tao sa loob.." utos nya pa. **"Magsasayang lang tayo ng pagod kung iiwan lang natin 'to dito.."**

"Ate Taguro??"

Natigilan ako sa pag-iisip nung marinig ko ang pamilyar na boses na yun..

Nagtama ang paningin namin ni Maxwell at binigyan nya ako ng nagtatanong na tingin..

"Kilala ka nya?" bulong pa ni Maxwell.

Hindi ko na sya sinagot at dahan dahan na akong lumingon..

Kinailagan ko pang yumuko para magpantay ang paningin namin..

"Bree.." nakangiting usal ko sa pangalan nya.

Oo.. Ang batang pakalat-kalat noon sa Parking Lot at nagbebenta ng sigarilyo ay bunsong kapatid ni Kev.. at hindi 'to lingid sa kaalaman ko..

"A-Ano po'ng ginagawa mo dito??" inosenteng tanong nya pa at ngumiti naman ako sa kanya.

"Dinalan kita ng regalo.." nakangiti pang sagot ko.

"Regalo po?"

"Mmm.."

"Pero.. hindi ko naman po birthday, Ate.."

"Twing birthday lang ba pwedeng magbigay ng regalo??" nakangiting tanong ko pa at saka umiling. **"Kapag ikinakasal ang dalawang tao.. nakakatanggap rin sila ng regalo.. Maraming dahilan para makatanggap ng regalo, Bree.."** paliwanag ko pa.

"E hindi rin naman po ikakasal.. bakit po ako may regalo??"

Napapiki pa ako sa tanong nyang yon.

"A-Ahh hehehehe.. H-Hello, Bree.." singit ni Maxwell.

"Hello.."

"Ako si Maxwell.."

"Maxwell?"

"Mmm.. kapatid ako ng Ate Taguro mo.."

Inis pa akong nilingon sya dahil pati sya ay nakiki-Taguro na!

Nginiwian nya lang ako at saka muling tumingin kay Bree.

"Marami kaming pasalubong para sa inyo.. pwede ba kaming tumuloy sa bahay nyo??" tanong nya pa. **"M-Mabigat na kasi 'tong dala ko hehehehehe.. H-Hindi kasi ako pinalaki ng mga magulang ko para lang magbuhat ng ganito.."**

"Bugarets.." singhal ko pa kay Maxwell at saka tumayo at kinuha ang iba'ng bitbit nya. **"Ahh, Bree.. saan namin pwedeng iwan ang mga 'to??"**

"Lahat po ba yan ay para sakin?" tanong pa ni Bree.

"Syempre hindi.. yung iba dyan ay para sa kapatid mo at parents mo.." sabat na naman ni Maxwell.

"Ano ba?" mahinang singhal ko pa sa kanya!

"W-What!? What!?" inis na tanong nya pa sakin.

"Tss.." singhal ko pa at saka pilit na ngumiti kay Bree. **"W-Wag mong pansinin yan.. Tara, ipasok na natin 'tong mga 'to.."** yaya ko sa kanya at binuksan nya naman ng malaki ang gate at pumunta kami sa harap ng bahay mismo nila. Naupo pa kami sa unang palapag ng hagdan matapos ilapag ang lahat ng yon..

"Wooooww.. andami.." tuwang tuwang sabi pa ni Bree.

"Ikaw na magpasok nyan sa inyo ah? Hehehe.." si Maxwell.

"Sige po hehehehe.. maya maya siguro dadating na rin sila Nanay at Kuya.. tutulungan nila akong magpasok---"

"Bree.." pigil ko sa kanya.

"Po??"

"P-Pwede bang.. w-wag mo na lang sabihin sa Kuya at Nanay mo kung kanino galing lahat yan??" pilit ang ngiting pakiusap ko at nagulat naman ang bata.

"P-Po??" gulat pang tanong nya pero tinanguan ko na lang sya. "B-Bakit po??"

"Mmm.. kunwari.. hulog na lang yan ng langit.." biro ko pa.

"P-Pero.. m-mas maganda po yata kung sasabihin ko na lang sa kanila??"

"Yung mga bigay ba ni Kuya Sensui noon sayo.. sinabi mo sa kanila??"

"H-Hindi po.."

"Kung ganon.. wag mo na ring sabihin 'to.. kung o-okay lang sayo??"

"Loko.. tinuruan mo pang magsinungaling yung bata.." bulong pa sakin ni Maxwell.

"Hindi ko sinabing magsinungaling sya.."

"E ano yang pinapagawa mo?!"

"Hindi ko lang sya pinagsasabi ng totoo.." nakangusong sabi ko pa at saka muling tumingin kay Bree. **"Aalis na kami.. kumain ka ng marami ha??"**

"A-Ang bilis nyo naman po'ng umalis??"

"Mmm.. inihatid lang kasi talaga namin yan dito.."

"H-Hindi na po ba kayo magpapakita sa Tatay ko?"

"N-Nandyan ang Tatay mo??" gulat pa'ng tanong ko.

"Mmm.. opo.. nasa kwarto nya, hindi po kasi sya nakakatayo.. Di ba po.. sinabi ko na sa inyong may sakit sya??"

Seryoso ba sya don???

Pilit akong ngumiti sa kanya para hindi nya makita ang pagkapahiya ko..

"A-Anong sakit nya?? Pwede ko ba syang makita??" singit ni Maxwell.

"Hindi po sya makatayo.." sagot ni Bree at saka tumango at tumayo para ituro samin ang daan papasok. **"Tuloy po kayo.."**

Hindi sinabi sakin nung napagtanungan ko na may sakit talaga ang padre de pamilya..

"Tatay.. may bisita po tayo.." sabi pa ni Bree na dumeretso sa isang kwarto.

Hindi maganda ang amoy doon..

Hindi naman nakakadiri ang amoy..

Isang natural na amoy lang ng lalaking may edad na..

Halos mapalunok pa ako nung tumambad sa akin ang isang maganda munit kahabag habag na lalaki. Gayunpama'y hindi ako nagpahalata..

"Sino kayo?" pormal na tanong nya samin ni Maxwell at nagkatingin naman kami.

Sumama ang tingin sakin ni Maxwell at hindi agad sya nakapagsalita.

Umiling naman ako dahil hindi ko rin naman alam na ganito ang sitwasyon na meron sila.. Binigyan nya ako ng makahulugang tingin at saka pilit inalis ang salubong na kilay nya at tumingin sa matanda.

"D-Doctor po ako.. t-titignan ko lang sana ang lagay nyo.." pagsisinungaling ni Maxwell.

Kelan pa kami naging lahi ng sinungaling?!

"Nagpatawag ba ako ng doktor?! Wala naman akong sinabing magdala kayo dito ng doktor!" sigaw pa nung Tatay kay Bree. **"Nasan ang Nanay mo?! Hindi ba't sinabi kong huwag kang magpapapasok ng mga tao'ng hindi mo naman kilala!"**

"H-Hindi naman po kami masasamang tao.." dagdag pa ni Maxwell.

"Halata nga! Sa gaganda nyong babae't lalaki masasabi kong hindi kayo masamang tao----pero hindi rin kayo sing buti sa paningin ko! Magsilayas kayo dito dahil hindi ko kayo kailangan!" sigaw nya pa ulit samin.

"Ikaw!"

Napatingin ako sa kanya nung biglang sigaw nya pa!

Hindi ko sya sinagot at nakipagtitigan lang ako sa kanya..

"Anong kailangan mo samin?!" nanduduro pang tanong nya at ngumisi naman ako.

"May makukuha ba ako sa inyo?" sarkastikong tanong ko.

"Aba'y loko ka ah!"

"Pein.." suway pa sakin ni Maxwell at iniwas ko naman don sa Tatay ang paningin ko.

"Gaja.." yaya ko pa kay Maxwell at saka tinalikuran sila.

Translation: Let's go..

"A-Ate.." habol pa samin ni Bree. **"S-Sorry po.. g-ganyan po kasi talaga ang Tatay ko.."** bulong nya pa.

"Bree! Palayasin mo ang mga yan!" sigaw muli nung Tatay kaya naman napasiring pa ako sa ere at saka nahagip ng mga mata ko ang isang pares ng mga paa..

Natuon doon ang paningin ko.

"Bree??" may nagsalita pa at napalingon ako kay Bree na tumingin rin sa kwarto kung saan ko nakita ang dalawang paa'ng yon.

"A-Ate Dainty??" sabi pa ni Bree na pumasok doon!

Nagkatinginan naman kami ni Maxwell at saka sumunod sa kanya.

Pero hindi namin nagawang pasukin ang kwarto.

Kahit naman sila lang ang nandito ay nirerespeto namin ang tahanan nila.

"S-Sinong nandyan? Sinong kausap mo?! Bakit sumisigaw si Tatay!? Wala pa ba sila Kuya Kev at Nanay???"

Sya siguro yung gitnang kapatid..

"W-Wala pa po sila.. nandito po kasi yung k-kaibigan ko, Ate.." si Bree.

"Kaibigan?! Kailan ka pa nagkaroon ng kaibigan?!" yung Ate.

Hindi naman nakasagot sa kanya si Bree at napatingin na lang sya samin.

Napatingin ako kay Maxwell at liningon nya naman ako.

"Mukhang hindi rin sya nakakatayo.." mahinang usal ko pa.

"Paalisin mo na sila bago pa sila maabutan dito ni Nanay.. bakit ka nagpapapasok ng tao dito?! Hindi ba't yan ang habilin sayo?!" sigaw nya pa ulit. "**K-Kung sino man kayo---umalis na kayo dito!"** sigaw na naman nung Ate.

"Aba! Nandyan pa ba sila?!" sigaw na naman nung Tatay!

Napatingin sakin si Maxwell at laking gulat ko nung maglakad na lang sya papasok sa kwarto'ng yun nung mga bata!

"M-Maxwell.." bulong na tawag ko pa sa kanya pero hindi nya na ako pinansin at tumingin na lang sya doon sa babae'ng nakahiga sa kama.. Wala naman akong choice kung hindi ang sumunod sa kanya.

At tumambad sakin ang sobrang payat na babae. Bakas sa katawan at mukha nyang may sakit rin sya. Tuyot ang mga balat at lubog ang mga mata. Gayunpaman.. litaw pa rin ang angking ganda nya.

"I-I'm Maxwell.. and she's my sis----"

"N-Nae ileumi... malhaji malla.." bulong ko pa kay Maxwell dahilan para matigilan sya sa sinasabi nya kanina.

Translation: Don't say.. my name..

"D-Doctor ako.." dagdag pa ni Maxwell at kitang kita ko naman ang pagliliwanag sa mukha nung bata'ng nakahiga. Sa tingin ko ay nasa katorse anyos na rin sya.

"M-Marami ng doktor ang t-tumitingin sakin.. w-wala kaming pambayad sayo kaya umalis ka na.. umalis na kayo.." malumanay munit may awtoridad na pakiusap nya.

Kaya naman hinawakan ko sa balikat si Maxwell.

"Gaja.." yaya ko pa sa kanya.

Translation: Let's go..

Napabuntong-hininga si Maxwell at saka sumunod sakin.

Sumulyap pa muna sya don sa kwarto nung mag-ama at saka tuluyang sumunod sakin.

Hindi naman na nagawa ni Bree'ng ihatid kami dahil pagkalabas na pagkalabas namin ng pinto nila ay kumaway lang sya samin at isinara na ang pinto nila..

Sabay pa kaming lumingon sa bahay na yun bago pa kami tuluyang lumabas ng gate at mabilis na sumakay ako sa motor ko. Pumunta naman si Maxwell sa harap ko at salubong ang kilay na tinitigan ako.

"What?!" inis na tanong ko sa kanya na sumiring pa.

"We need to talk.." makapangyarihang utos nya!

"Talk about what?!" magkakrus pa ang mga kamay na tanong ko at bumuntong-hininga naman sya.

"Aiiishhh.. Ttarawa!" sigaw nya pa at saka naglakad papunta sa kotse nya!

Translation: Follow me!

"Ya! Eodi ganeungeoya!!!" sigaw ko pa munit nakasakay na sya ng kotse nya at mabilis na pinaandar yun kaya naman wala akong choice kung hindi ang sumunod na lang rin sa kanya.

Translation: Hey! Where are you going!!!

Habang nagmamaneho pasunod sa kanya ay nahulaan ko na kung saan ang punta nya kaya naman hindi na ako nagulat nung huminto kami sa Starbuck na nandoon sa Mall.

Parang batang nagmumukmok na sumunod ako sa kanya hanggang sa loob..

Umorder naman sya agad at ako ang naunang naupo.

Maya maya pa ay bumalik na sya dala ang inorder nya..

"What was that all about?!" inis ni Maxwell pagkaupo'ng pagkaupo nya, na nakaturo pa kunwari sa labas ng Starbucks!

Medyo napalakas pa ang boses nya kaya naman ang iba'ng nakaupo malapit samin ay napalingon pa.

Hindi ako nakasagot!

"Pein! What.. was.. that.. all.. about?!" pag-uulit nya.

"What?!" inis kunwaring tanong ko.

"Tsk! K-Kanina na-amaze pa ako sa mga sinabi mo tungkol sa Nanay mo----pero yung nakita ko kanina don yun ang hindi ko maintindihan! Why didn't you tell me!?"

"Tell you what??!"

"Everything!" sigaw nya at napailing naman ako.

"Calm down.." utos ko pa sa kanya at saka napabuntong-hininga.

At kinuwento ko sa kanya lahat ng nalalaman ko..

Simula nung sinundan ko si Heurt hanggang sa nalalaman ko kay Kev at kay Heurt..

"So you knew?!" inis na tanong nya.

"Yes.. but not everything.. I still don't know everything about her.." kalmadong sagot ko at uminom ng kape.

"Sesanghe!" sigaw na naman nya at tinignan ko naman sya ng masama! **"That man right there is a criminal, Maxpein!"** mahinang sigaw nya pa. Tipong ako lang ang makakarinig!

"A-Arasseo! Arasseo!" inis na mahinang sigaw ko rin sa kanya! **"So, what do you expect me to do!? Ha?? Ang isuplong sya sa pulis?! That's not my problem okay?? Kung ano man sila sa mundo ay hindi ko na problema?! Ang habol ko lang ay makilala si Heurt at bukod don ay wala na!"**

"Tsh! Hindi mo ba naisip na pwede kang mapahamak sa ginawa mong pagsunod sunod sa kanya?!"

"Naisip ko pero hindi ko pinansin.. besides, nakilala ko na sya.. Hindi ko na rin sya sinusundan.. Yung ginawa ko.. natin.. yung ginawa natin kanina.. t-tulong ko yun sa mga bata.. at hindi sa kanya.."

"Maxpein!"

"What!?"

"Ang tigas tigas ng ulo mo!"

"Look.. ginagawa ko 'to para sa sarili ko, okay?! Gusto kong makilala ang Nanay ko---may masama ba don!?" inis na tanong ko at

natahimik sya!

Bakas pa rin ang inis sa mukha nya pero wala na syang choice dahil nagmamatigas talaga ako.

"At wala kang balak ipaalam kila Daddy na kilala mo na ang Nanay mo!?"

"Wala.."

"Bakit?!"

"At bakit rin kailangan ko pang ipaalam!?!" inis na tanong ko! **"Sa tingin mo kung gusto nilang ipaalam sakin ang tungkol sa Nanay ko----sa tingin mo mangyayari pa 'to?! Hindi, di ba?! Kasi kung gusto nilang ipaalam sakin kung sino ang Nanay ko---hindi ko na kailangang magmukhang imbestigador kasusunod sa kanya!"**

"Tsk!" inis na singhal nya pa!

"Alam kong naiintindihan mo ko at inaalala mo lang ang kalagayan ko.. Pero hindi mo alam kung anong nararamdaman ko.. andami daming tanong sa isip ko---at hanggang ngayon ay hindi ko maintindihan kung bakit nagkaganito ang buhay ko.. Bakit kailangan nya akong iwanan sa inyo kung pwede nya naman akong dalhin! Bakit kailangang sumama nya sa ganong klase ng tao kung pwedeng mabuhay na lang sya mag-isa!"

"Dahil hindi nga maganda ang klase ng buhay na meron sya!" mahinang sigaw nya at natigilan ako..

Salubong ang mga kilay na napatitig ako sa kanya..

"W-Wait.." mahinang usal ko pa. **"H-Hindi maganda ang k-klase ng buhay na meron sya?? Ha.."** nakangiti pa kunwaring huminga ako na iniwas pa ang paningin sa kanya at asar talong tumingin sa kawalan bago muling ibinalik ang paningin sa kanya. **"Anong alam mo?"** pormal na tanong ko pa at natigilan sya. **"All this time.. you knew???"** tatangu-tango pang tanong ko at naiiwas nya ang paningin nya sakin. **"All this time.. m-may alam ka??"** pigil ang inis na dagdag ko.

Napasandal sya sa couch at saka pinagkrus ang dalawang kamay nya at tumingin sakin.

"Yes.." mahinang sagot nya at napapikit ako kasabay ng pagbagsak ng mga balikat ko.

"Malhae.." mahinang utos ko.

Translation: Tell me..

"P-Pein.."

"Malhaebwa!" sigaw ko pa!

Translation: Tell me!

Muling napatingin samin ang mga tao'ng nandon pero wala akong pakialam!

Nakaramdam ako ng matinding inis kay Maxwell at hindi ako makapaniwalang nangyayari 'to ngayon sa pagitan naming dalawa!

Naging balisa sya at nailang sa mga matang nanonood saming dalawa!

"J-Jebal.. malhae.." pigil ang galit na utos ko pa.

Translation: P-Please.. tell me..

"H-Hindi rin lahat ay alam ko.."

"J-Just tell me.. everything that you know.."

"Myembro ng s-sindikato si Heurt.."

Muli akong napapikit sa nalaman ko..

Hindi ako nakapagsalita at pigil ang hiningang pilit kong pinapahinahon ang sarili ko at makinig na lang sa kanya..

Madiin ko pang naikapit sa upuang yun ang mga kamay ko dahil sa sinabi nya..

Hindi ko sya magawang tignan sa mga mata dahil pakiramdam ko ay ano mang oras ay may masasabi akong hindi maganda sa kanya..

"A-Ang alam ko lang ay n-nagkaron ng relasyon s-sila D-Dad at Heurt n-nung nag-aaral pa sila.. A-Ang sabi ni Mommy ay h-hindi daw natuloy ang relasyon nila dahil n-nawala na lang bigla ang si Heurt.. b-biglang huminto sa pag-aaral.. At nasa Elementary na ako nung magkita ulit si Dad at Heurt.. Hindi alam ni Mommy na nagkikita pa sila.. masyado syang busy sa trabaho nya dahil sya lang ang maaasahan ni Chairman.. Sabi ni Mommy ay n-nagulat na lang sya isang gabi na umamin sa kanya si Daddy na m-may anak sya kay Heurt.. " huminga pa sya ng malalim. **"A-At ikaw yon.."**

Huminto sya at tumingin ako sa kanya ng masama..

Bumuntong-hininga pa sya at saka tumingin sakin..

Nakikita ko naman ang sinseridad nya at nararamdaman ko rin naman yon..

Sadyang ayaw ko lang tanggapin..

"N-Nung malaman ni Mommy ang tungkol sayo.. hiniwalayan nya si Dad kahit na nasa iisang bahay pa rin sila.. Kinuha ka ni Daddy at itinira sa bahay namin.. Pero hindi na nagsasama sila Mommy at Daddy non.."

"Hindi ko maintindihan.." madiin pang sabi ko at umiling na naman sya.

"H-Hindi lahat ay alam ko, Pein.. N-Nagkukwento lang sakin si Mommy noon sa twing mag-aaway sila ni Daddy dahil sayo.."

"Si Maxrill.. pano sya nabuo? Kung ganong hindi na sila nagsasama ng Mommy mo!?"

"Tsk.." singhal nya pa muna at bakas sa mukha nyang nahihirapan syang magpaliwanag sakin. Hindi nya rin magawang labanan ang mga titig ko kaya napapailing na lang sya. **"S-Si Maxrill ay nabuo d-dahil sa paminsan minsang p-pagsasama nila sa kwarto.."**

"Tss.." singhal ko pa na kunwaring tumawa.

"Totoo yon.."

"Kalokohan.."

"P-Pein.." salubong ang kilay na tawag nya pa sakin. **"Oo, naghiwalay sila.. Pero nagkaayos rin naman sila.. Lalo na nung nabuo nila si Maxrill.."**

"Kung ganon ay bakit ganyan sila ngayon?! Alam nating lahat na hindi sila okay ni Dad!"

"Dahil sayo.."

Natigilan ako sa sinabi nyang yon..

"W-What do you mean?" gulat na tanong ko.

"Dahil sa twing nakikita ka ni Mommy ay hindi nya magawang kalimutan yung pagkakamaling yun ni Daddy dahil nabuo ka.."

Naiiwas ko sa kanya ang paningin ko..

At hindi ko maintindihan ang nararamdaman ko...

Nakaramdam ako ng hiya para sa sarili ko..

"P-Para kay Mommy ay maayos ang pamilya n-namin k-kung wala ka.. P-Para kay Mommy ay h-hindi sila magkakaganon ni Daddy kung w-wala ka.. D-Dahil twing makikita ka nya.. hindi nya maiwasang hindi magalit kay Daddy.. D-Dahil yung kaisa-isang pagkakamali'ng yun daw ni Daddy ay nagawa syang saktan at sirain ang tiwala nya.."

Napabuntong-hininga ako..

Nangilid ang mga luha sa mga mata ko at pakiramdam ko bumigat ang dibdib ko..

Kasalanan ko pa pala kung ganon.. King inang buhay yan..

"P-Pero wag mo sana isiping sinisisi kita.. d-dahil hindi ko kailanman naramdaman yun sayo.." sinserong dagdag nya pa. **"H-Hindi**

kita kailanman tinuring na salta sa pamilya'ng 'to dahil para sakin.. kapatid kita.. walang kalahati at walang buo.. kapatid kita.. kapatid mo ko.. Yun lang yon.."

"Pero sinira ko pa rin ang pamilya nyo.."

"At hindi mo kasalanan yon.."

"Yun rin yon.. pinaganda mo lang.." nakangiti pa kunwaring sabi ko, pero sa loob loob ko ay galit na galit na ako.

"P-Pein.."

Ramdam ko ang awa nya.

Ramdam ko rin ang kagustuhan nyang magpaumanhin..

Pero sadyang ayaw kong tanggapin ang pagpaparamdam nyang yon.

Pakiramdam ko ay naloko na naman ako..

Parang pilit kong inalam ang pagkatao ko samantalang lahat naman ay nasa harap ko..

"P-Pein please don't get me wrong.." dagdag nya pa. **"I-It's just that.. I-I'm not in any position to tell you this.."** animong nakikiusap na usal nya at napatingin naman ako ng masama sa kanya.

"Not in any position??? Ha!" tumawa pa ako kunwari at saka napapakagat ng labi na tumitig sa kanya. **"Nasan na yung *'kapatid mo ko at kapatid kita'* na sinasabi mo!?"** pigil pa rin ang galit na tanong ko! **"Hindi pa ba sapat na posisyon yun para sabihin mo sakin kung anong nalalaman mo tungkol sa pagkatao ko!?"** at naramdaman ko ang unti-unting pamumuo ng luha sa mga mata ko dahilan para bahagyang lumabo sya sa paningin ko! **"A-Alam mong sa bahay na yon.. i-ikaw lang ang inasahan ko.."** mahinang sumbat ko pa. **"Ikaw lang ang inisip kong kakampi ko dahil hindi madali para sakin na tanggapin yung katayuan ko sa buhay nyo at sa buhay ko pero.. eto.. malalaman ko na ikaw mismo.. naglihim sakin?!"**

"H-Hindi ko pwedeng sabihin sayo lahat dahil alam kong magkakaganyan ka.. N-Natakot akong b-baka kapag nalaman mo ang lahat ay magrebelde ka at maglayas.. A-Ayaw kong sirain mo ang buhay mo----"

"Sinong may sabi sayong sisirain ko ang buhay ko ng dahil lang dyan?!" galit na talagang tanong ko! **"Ganon ba talaga ako kabobo sa paningin mo?!"**

"H-Hindi ganon yun, Pein.."

"Simula magkaisip ako---alam ko ng hindi ako anak ng Nanay mo.. Nagrebelde ba ako?? Hindi di ba?? Nung lumaki ako---kahit ipinaramdam sakin ng Nanay mo kung ano at sino ako.. nasasaktan ako pero---naglayas ba ako?? Hindi naman di ba?! Maxwell.. baka nakakalimutan mong kung hindi pa ako magkandabagsak bagsak sa pag-aaral ko---hindi ako mapapalayas sa bahay nyo!" sumbat ko sa kanya at napayuko sya! **"Tapos bibigyan mo ko ng ganyang dahilan?! Nasan ang utak mo?!"**

"M-Maxpein.."

Tumayo ako..

At tinignan sya mula sa pagkakatayo ko..

"Geuttaekkaji.." sabi ko pa na tumango sa kanya at saka tumalikod at umalis.

Translation: Until then..

Pigil ang emosyong naglakad ako papalayo sa Mall na yon at mabilis na pinaandar ang motor ko..

Hinayaan ko ang mga luhang sumabay sa ihip ng hangin habang nagmamaneho ako..

♥ *K* ♥ *I* ♥ *N* ♥ *A* ♥ *B* ♥ *U* ♥ *K* ♥ *A* ♥ *S* ♥ *A* ♥ *N* ♥

DEIB'S POV

Nakangiti agad ako pagkabangon!

Sarap gumising kapag in love... Tsk tsk tsk..

Mabilis kong ininom ang tubig na nakapatong sa side table ko at saka mabilis na tumakbo sa washroom at naligo..

Handang handa na ako pagkababa ko..

"Oh?? Hindi ka ba muna kakain, iho?" tanong sakin ni Manang.

"Ano bang atin dyan, Manang??" nakangiting tanong ko pa.

"As usual.. bacon, hotdogs, eggs.."

"Magdadala na lang po ako.."

"Ha?? E ang aga aga pa naman oh---bakit hindi ka na dito kumain??"

"E-Eh kasi Manang.. dadaan pa ako kila Taguro.."

"Ha?? Ganon ba??"

"Mmm.. susunduin ko po sya heheheheheehe.."

"Aba..." masayang sabi nya pa at saka tuluyang humarap sakin. **"Kaya naman pala tinalo pa ng bango mo ang bango ng niluluto ko! Aba'y**

nasa hagdan ka pa lang umaalingasaw ka na ah?!" panunukso nya pa. **"Ano?? Ha?? Sinagot ka na ba, ha??"**

Sasabihin ko ba sa kanya?!

Napatingin ako kay Manang mula ulo hanggan paa..

Hmmm.. sya ang nagpalaki samin ni Noona, at sa tinign ko naman ay walang masama kung sasabihin ko sa kanya..

Pero...

Mas maganda pa rin kung sasabihin ko sa kanya ang totoo kapag kasama ko si Taguro.. Heheehehehe!!!

"H-Hindi pa, Manang! Pero ramdam na ramdam ko na hahahahaha!"

"Ramdam mo ng malapit ka ng sagutin??"

"Malapit nya na akong mahalin! Bwahahahahahahahahah!"

"Aba.. maganda ano??? Hahahahaha! Sa wakas naman at nagkatotoo ang hinala ko.."

"A-Ano po'ng hinala, Manang???"

"Na ganito ang mangyayari sa inyo.. Hahahahahahahaha!"

"A-Anong ibig mong sabihin, Manang??"

"Ayan ang sinasabi ko noon sa iyo.. Hahahahahah!"

"Tch! Si Manang naman.. Alam ko na yon noon!" mayabang na sabi ko pa!

"Asooooooss! E todo tanggi ka nga!" sumbat nya na tinuktukan pa ako!

"M-Manang masisira yun buhok ko! Tsk! Hindi pwedeng mabawasan ang gwapo ko.. hehehehe.. Sige na Manang, ipagbalot mo na ako.. Dadalhan ko si Taguro.."

"Aba e yung nobya ba ni Lee??"

"Dadalan ko rin po.. pakidagdagan kasi may kasama pa silang isa don.."

"Ahh ganon ba??"

"Mmm.."

At pinagbalot ako ni Manang ng pagkain at nagluto na lang sya ng panibago pa heheheheheheheh..

Nagpaalam lang ako sa kanya at maya maya lang ay nasa byahe na ako papunta kila Taguro..

Now Playing: Sometimes by Britney Spears

♫ ♪ **"But if you really want me--move slow.. There's things about me--you just have to know--oh oh! Sometimes I run---sometimes I hide..**

sometimes I'm scared of youuu------But all I really want is to hold you tight--treat you right.. Be with you daaaaaayy and niggggghhttt! Baby all I need is time.." ♪ ♫

Malakas na kanta ko pa..

At saka ako napaisip..

There's things about me.. you just have to know..

"Ano pa kayang kailangan kong malaman sayo, Taguro??" napabuntong-hininga pa ako. **"Kung ano man yon.. hehehehehe! Excited nako!"**

At masaya akong nagtuloy sa pagmamaneho at nung makarating sa kanila ay agad akong nagdoorbell.

~DING DONG DOOR BELL!~

"Oh?? Ang aga mo naman??" si Parrot.

Ngumiti ako sa kanya at ipinakita ang mga dala ko.

"Woooowwww.. hehehe at may dala ka pang suhol! Pasok ka!"

Suhol mo mukha mo! Parrot!

"Oh.. ang bango mo naman Deib! Anong pabango mo??" si Yaz.

"H-Ha??" kunwaring tanong ko pa.

"Amoy na amoy kita hanggang dito ah?? Hehehehe.." nakangiting sabi nya pa sakin. **"Anong pabango mo??"**

"A-Ahh.. c-cologne lang.. pawis na yung iba.." sagot ko.

"Psh! Woooow ah!? Ang aga mo namang pagpawisan?! Bakit!? Naglakad ka lang ba?! Hahahahahaha!" pang-aasar nya.

Tch..

"Oh.. upo ka muna.. hindi pa tapos si Maxpein e.. Pero pababa na rin yon.." nakangiting sabi pa ni Parrot. **"Gusto mong coffee??"**

"A-Ahh sige.." nahihiyang sagot ko pa. Pinanood ko pa si Parrot hanggang sa makapasok sa kusina nila at saka ako umayos sa pagkakaupo ko.

Lumapit naman si Yaz sakin at naupo sa harap ko..

"Late na umuwi si Maxpein kagabi ah.. saan kayo nanggaling ha?!" mapanukso ang tinging tanong nya pa.

Gulat naman akong napatingin sa kanya.

"A-Anong oras na??" tanong ko.

"Mmm.. around 9pm I guess?? So tell me.. saan kayo nagdate?? Hehehehe.. let me see kung romantic ka.. Hihihihihi.."

Hindi ako nakasagot sa kanya at taka akong napatingin sa relos ko at nag-isip..

9pm?? E wala maggagabi pa lang nung maghiwalay kami.. B-Bakit naman ganong oras na syang nakauwi?? E wala pa namang 20 minutes ang byahe mula samin papunta dito sa kanila??

Kinabahan ako sa naisip ko..

"Hey.. Hello?! I'm asking here??" kunwaring pagpapapansin pa ni Yaz at pilit ang ngiti namang napatingin ako sa kanya.

"A-Ahh.. S-Sa bahay lang kami.." naisagot ko.

"Bahay!? Bahay nyo!?"

"M-Mmm.."

"Ngek.. akala ko nagdate kayo somewhere.. Pero hmm.. okay na rin hehehe.. Anong ginawa nyo sa inyo??"

"H-Ha??"

"Uyyyyy!!!! May ginawa kayo noh!?"

"W-Wala ah.. nag-usap lang kami.."

"Wushuuuuuu! Gasgas na ang dahilang yan!"

"H-Hoy.. hindi ako tulad ng inisiip mo ah!" inis na sabi ko pa sa kanya! **"Tch.. nag-usap lang kami sa labas ng bahay namin.."**

"A-Ayy ganon??"

"Tch.."

Hindi nya na ako nagawang sagotin dahil naituon ko na ng paningin ko sa pababa na ng hagdang si Taguro..

Natigilan pa sya pagkakita sakin..

Saglit nya pa akong tinignan at saka tumingin kay Yaz at saka tuluyang bumaba ng hagdan..

Tumayo naman ako at ngumiti sa kanya..

"G-Good morning.." bati ko. At tumango naman sya.

"Aga mo ah.." blangko ang emosyong sabi nya pa.

"Mmm.. d-dito na rin kasi sana ako makikibreakfast.. N-Nagdala ako ng foods---"

"Maupo ka na don.." pigil nya sa pananalita ko.

"A-Ahh.. oo.." sabi ko pa at saka tumingin kay Yaz. **"M-Mauna ka na.."** utos ko pa sa kanya.

"Yiiieee.. ang gentleman mo talaga.." maarteng sabi nya at saka tumayo at naupo sa dining area. Sumunod naman ako at naupo sa inuupuan

ko nung una. At saka ko nilingon si Taguro na nakatayo sa may table malapit sa mga sofa at may inaayos sa tako nya.

Hindi ko maintindihan kung bakit parang may pakiramdam akong kakaiba.. Hindi normal.. Hindi ko nakasanayan.. Hindi ko pa nakikita sa kanya..

Dati na akong nasanay na wala syang pakialam sakin.. p-pero bakit parang kakaiba ang ngayon?? A-Ang dating nya sakin ngayon ay p-parang w-wala'ng magandang nangyari samin?!

Wag kang mag-isip ng ganyan, Deib.. Baka dala lang yan ng bagong gising nya..

Pero kung ako ang nasa sitwasyon nya.. makita ko lang sya sa umaga pagkababa ko.. kahit wala ako sa mood ay gaganahan ako! Tsk!

Hindi ko na pinansin ang naisip ko at inilabas ko na lang mga pagkaing dala ko..

"Wooow... naks naman ang effort.." si Yaz.

"A-Ahh.. hehehe.. niluto ng Nanay Nanayan ko.." sabi ko pa. Sya namang labas ni Parrot mula sa kusina at inilatag ang mga niluto nya. Muling pumasok sa kusina at pagkabalik at may dala ng tray ng coffee at water.

"Hoy, Max.. kakain na.." tawag pa ni Parrot kay Taguro na inilapag ang tako nya at saka tumabi sakin.

"Kumain ka na.." utos pa ni Taguro at saka nagsimulang lagyan ng food ang plate nya.

Ganito lang ba talaga sya?? O hindi lang ako sanay na nakikitang ganito sya?! May mali e.. Tsk!

Nagsimula na silang kumain kaya naman kumain na lang rin ako.. Nakakapanibago ang katahimikan sa gitna ng hapag-kainan nila.. Masyadong tahimik ngayon na ultimong paglunok ng isa't isa ay maririnig mo pa. Naging wirdo ang ihip ng hangin para sakin.

Kaya naman nung matapos kaming kumain at naghahanda na papaalis ay nagkaron ako ng pagkakatao'ng lapitan si Taguro..

"M-Max.." naiilang pang tawag ko sa kanya at nilingon nya naman ako munit nananatiling blangko ang mukha nya. **"O-Okay ka lang ba??"** nag-aalalang tanong ko at bumuntong-hininga naman sya.

"Ayos lang ako.." sagot nya at pilit ko na lang pinaniwala ang sarili ko.

"S-Sabay ka sakin??" umaasang tanong ko.

"Hindi na.. dadalin ko na lang 'to.." sabi nya pa na sumakay agad sa motor nya. Medyo nagulat pa ako munit hindi ako nagpahalata at hindi ko na rin magawang kwestyonin sya..

"A-Ako na lang magdadala ng gamit mo.." alok ko pa.

"Hindi na.. kaya ko na.. Tara na, baka ma-late tayo.. Alas nuebe ang laro ko.."

"S-Sige.." napapahiyang sagot ko at saka iiling-iling na tinalikuran sya at sumakay sa kotse ko.

Pagkalapa na pagkalapat ng likod ko sa driver's seat ay saka ko naramdaman ang matinding lungkot..

Hindi 'to ang Taguro'ng minahal ko.. Tsk.. Nakakapanibago..

Kung dati ay wala syang pakialam.. MAS WALA SYANG PAKIALAM NGAYON..

Kung dati ay cold sya.. MAS COLD SYA NGAYON..

Kung dati ay walang ekspresyon ang mukha nya.. MAS WALA SYANG EKSPRESYON NGAYON..

Ramdam na ramdam ko ang pagiging cold nya at kahit anong salitang lumabas sa bibig nya ay hindi nakakapagpabago sa emosyon nya..

Anong nangyari, Taguro???

Nagsimula akong mapaisip.

Alas nuebe ng gabi na sya umuwi.. at ngayong umaga ay ganyan ang pakikitungo nya sakin.. Anong nangyari bigla??

Hindi ko mapigilang mag-alala..

Halos sabay sabay kaming tatlong nakarating sa Parking Lot ng Luna.. Nauna namang bumaba ng motor nya si Parrot dahil nauna syang nagpark, at sumunod si Taguro saka ako.. Nabago lang ang mood ko nung makita ko sina Lee, Tob, Michiko, BJ at Migz na naghihintay samin pagkapasok ng gate ng LU.

"Naks! Ang gwapo mo ngayon, dre ah!" pang-aasar pa sakin ni Tob at pilit ang ngiting iginanti ko sa kanya. Tinapik ko pa si Lee na mabilis namang sumabay kay Parrot. **"San tayo mamaya??"**

"A-Anong saan tayo mamaya??" takang tanong ko.

"Psh! Matatapos na mamaya ang Interhigh at naaamoy ko na ang kampyonato hahahahahahaha! Saan tayo?! Bonding naman dyan!"

"Tch! Ewan sayo.."

"Aww.. hahahahahahaha! Anong klaseng sagot yan, Enrile?! Hindi ganyan ang sagot ng mga tao'ng in love!!!"

"W-Wag ka ngang maingay.." suway ko pa sa kanya. **"D-Don ka na muna kay Michiko.."**

"Naaaayyy.. may mens 'tong bading na 'to e.." pang-aasar nya pa sakin at saka nag-peace sign at sumabay kay Michiko. Nilingon ko naman si Taguro na nakatingin lang sa dinadaanan nya. Nananatiling blangko ang mukha nya.

Huminto ako sa paglalakad at hinintay sya.. Sumabay na lang akong maglakad sa kanya nung magkatapat na kami..

"O-Okay ka lang ba talaga, babe??" bulong ko na sinilip pa ang mga mata nya. Nilingon nya naman ako.

"Mmmm.. okay lang ako.. wag mo kong alalahanin.." pilit ang ngiting sabi nya pa.

"I-Inaalala mo ba ang laro nyo??"

"Hindi.." tipid na sagot nya.

"E-Eh bakit parang ang tahimik mo?"

"Kelan ba ko nag-ingay??"

Natigilan ako sa tanong nya pero kinabahan ako sa blangkong mukha nya kahit na nagtatanong na sya.. Wala akong choice kung hindi ang manahimik dahil pakiramdam ko isang tanong na lang ay maninigaw na sya..

Pero nung makarating kami sa room ay wala pa rin syang kibo.. tumungo pa sya sa mesa at saka umastang matutulog.. Hindi ko sya magawang lapitan dahil natatakot ako.. Kaya naman lumapit ako kay Parrot na kasalukuyang kausap si Lee sa labas ng room.. nandon rin si Tob.. Sila Michiko naman ay nagsimula ng mamigay ng mga foods and water ng mga players dahil magsisimula na ang mga games..

"P-Parrot.." tawag ko pa sa kanya at saka tumabi sa kanya. Taas-kilay namang nilingon nya ako. **"N-Naih.."** usal ko pa. **"M-May problema ba si Max??"**

"Ha?" si Parrot.

"Kung may problema ba kako si Max??" ulit tanong ko at taka naman syang tumingin sakin. Tumabi sakin si Tob at napatingin rin kay Parrot. Gayun rin naman si Lee.

"Anong problema??"

"T-Tinatanong nga kita k-kung may problema ba kako sya?? K-Kasi.. h-hindi sya masyadong nagsasalita e.."

"E dati naman ng hindi palasalita yan ah??"

"O-Oo nga p-pero parang dumoble sya sa tahimik ngayon e.. h-hindi na ako sanay.. H-Hindi sya nagsasalita hangga't hindi mo sya kinakausap.."

"Ha?? E dati na talagang ganyan si Maxpein, Deib.. ano ka ba.. wag ka ngang paranoid.."

Nakaramdam ako ng inis pero pinigilan ko ang sarili ko! Hindi nya ako maintindihan!

I-Ibig sabihin.. s-sakin lang ganon si Taguro?! Kasi kung ganyang normal lang para kay Parrot ang iniaasta nya ngayon at ako lang ang nawiwirduhan---ibig sabihin sakin lang sya ganon!? A-Anong ginawa ko?!

"K-Kagabi.. sabi ng Ate mo.. l-late na sya nakauwi??" tanong ko pa.

"Oo.. alas nuebe ata?!"

"S-Saan daw sya galing??"

"Naaaayyy.. mapaghinala 'to e!" pang-aasar pa ni Tob at natawa naman sa kanya si Lee. Tinignan ko sya ng masama para malaman yang seryoso ako kaya nanahimik rin sila at muling nakinig samin ni Parrot.

"S-San daw sya galing?? Sinabi nya ba??" tanong ko pa ulit kay Parrot.

"Hindi... hindi ko rin naman kasi tinanong.." nakangusong sagot nya pa. **"T-Teka nga! Teka nga! Bakit ba?? Ano bang nangyayari sayo??"**

"Tsk.." singhal ko. **"P-Parang ang w-weird kasi nung treatment nya sakin ngayon e.."** sabi ko na nilingon pa si Taguro na nakatungo pa rin sa mesa don. **"H-Hindi na s-sya s-sweet sakin.."** nahihiyang sabi ko pa. **"N-Ni hindi ko man lang sya nakitang ngumiti ngayon umaga kahit nakita nya na ako.."** malungkot talagang kwento ko at nakita ko naman sa mga mata nila ang pag-aalala. NIlingon rin nila si Taguro at saka muling tumingin sakin.

"Nag-away ba kayo?" sabat ni Lee at umiling ako. **"Baka naman may nagawa kang hindi nya nagustohan??"**

Inalala ko ang ginawa ko mula kagabi..

Hindi ko sya natext at hindi ko sya natawagan!

Pero.. ayos lang naman yun sa kanya e!

"W-Wala.. okay na okay naman kami nung maghiwalay kami kahapon.."

"Kahapon?! Hapon!?" si Parrot at napatingin naman ako sakanya.

"Oo.. kahapon.."

"Baka kagabi???"

"Kahapon.. alas sais lang nung maghiwalay kami kahapon ng *'hapon'*.." pagdidiin ko pa at saka ngumuso.

"P-Pero.. a-alas nuebe na ng gabi umuwi si Max kagabi.. d-dumeretso nga sya sa kwarto nya k-kaya akala ko naman ay k-kakausapin ka pa.. H-Hindi ko naman na sya nagawang tanongin d-dahil m-may ginagawa rin ako.."

Hindi ko na nagawang sagotin si Parrot dahil napuno na ng tanong nag isip ko.. Nakaramdam ako ng lungkot at pakiramdam ko ay sirang sira na ang buong araw ko..

Yung pakiramdam na hindi kita maintindihan at hindi kita mapangiti.. n-nasasaktan ako..

Mabilis na tumakbo ang minuto at kusang gumising si Taguro at kinuha ang gamit nya.. Lumapit pa ako sa kanya para sana i-goodluck sya pero isinabit nya lang ang tako nya sa likod nya at saka nagderederetso palabas ng room namin at naglakad papunta sa Hall. Napatingin naman sakin sina Lee, Tob at Parrot kaya naman napapabuntong-hiningang nilingon ko nalang rin sila. Sabay sabay kaming sumunod kay Taguro at pumunta sa Hall.

"Kyaaaaaaaaaaa!"

"Wooooohhh ayan na ang mga asteeeeeeeegg!"

"Let's goooooooo BIS!!!"

"Gooooo gooo gooo Tagurooo!"

"Goooo Parrottt!!!"

"BIS for the win!!!"

"Champioooooooonn!!!"

"Let's gooo SIS!!"

"Goooo Saaaam!"

"Kayang kaya mo yan Saaaam!!!"

Agad na naghiyawan ang mga tao pagpasok namin.. Kasunod naman namin ay yung mga makakalaban nila Parrot at Taguro kaya naman naghiyawan rin ang mga cheerers nila.. Agad kaming naupo sa bleachers malapit na malapit sa billiard table nila at eksaktong nakaharap sa gilid ng mga player's chairs.

"Galingan mo ah.." nakangiting sabi pa ni Lee kay Parrot kaya naman nilingon ko sila.

"Oo naman.. nandyan ka e.. yiiieee.."

"Tsh.. oo, kaya galingan mo dahil mapapahiya ka sakin kapag sumablay ka.."

"Psh! Edi kay Max ka! Yan ang mas magaling e.."

"Joke lang.. hehehehehehe.." biro pa ni Lee at saka tumingin kay Taguro na inaayos ang sintas ng sapatos nya. **"Max.. goodluck.. galingan nyo.. Magchachampion tayo.."**

"Galingan nyo, Max! Naih! BIS for the win!" si Tob.

"Gooo Max! Gooo Naiiiihh!!!" sigaw naman nila Michiko, BJ at Migz.

Tumayo naman ako at humarap kay Taguro at Parrot.

"G-Galingan nyo.." nauutal pang sabi ko na tumingin kay Taguro at nagtama ang paningin namin. **"G-Goodluck.."**

"Thanks.." tipid ni sagot ni Taguro at saka tinalikuran kami.

Nag-aalalang napatingin naman sakin si Parrot.

"A-Aww.. oo nga.." nag-aalalang sabi pa ni Parrot. **"W-Wag kang m-mag-alala, Deib.. g-ganyan rin kasi sya m-minsan kapag kinakabahan sa laro.. A-Alam mo naman.. C-Championship 'to.. baka kaya sya ganon.. w-wag kang mag-alala.. kakausapin ko sya after ng game.."**

"S-Sige.." nanlulumong sagot ko. **"G-Galingan nyo.. P-Pakisabi uli sa kanya.. Goodluck.."**

"Salamat.." sabi nya pa at saka kumaway at nagsimulang maglakad papalayo.

"Galiingaaaannn nyooooo Tagurooo brotherrrrrrrrrrsss!!!!" sigaw pa nila Michiko, BJ at Migz. Bagsak naman ang mga balikat na napaupo ako sa upuan ko at napabuntong-hininga pang pinanood ang pagsasalita ng announcer sa mic at ganun na rin ang referee..

"Waaaaaaaaaa!"

"Ayaaaann naaa!!!"

"Gooooo BIS!!!"

Naging malakas ang sigawan ng mga tao dahil unang una.. Championship na.. At pangalawa, yung dalawang kaabang-abang na schools ang maglalaban..

Mula sa kinauupuan ko ay natanaw ko si Gonza na seryosong nanonood kila Taguro.. At mas nagulat pa ako nung makita kong sila Mallyu at Yago ang kasama nya! At sa harapan nila ay nakaupo si Choco kasama ang mga kaibigan nya at sila Aimee at Abby!

Hindi ko na sila magawang pagtunan ng pansin dahil muling nagsigawan ang mga tao dahil tumayo na si Taguro para ibreak ang mga bola!

"Gooooooooo Taguroooooooooooooooooo!!!!!!"

"Gooooo Goooo Gooo Maxpeeeeeeiiin!!!"

"Wooooooohhh! Ang asteeeeggg mo Maaaxxx!!! Let;s gggooo BIS!!!!!"

~KLAG!!~

Malakas na nabreak ni Taguro ang mga bola at sa isang malakas na tira nyang yon ay nahulog ang lima sa mga bola!

Wow..

"Kyaaaaaaaaaaaaaa!!!!"

"Nicccccccceeeeeeeeee!!"

"Wooooooooooohhh!!!"

"Ang lupeeeeeeeeettt!!!" malakas na sigawan muli ng mga nanonood.

"Woow.." bulong pa ni Lee.

Sunod sunod ang naging tira nya at naubos nyang agad agad ang mga natitira pang mga bola! Dahilan para lumapit ang spotter at muling iayos ang mga bola! At saka namin muling pinanood si Taguro na muling sumargo!!!

~KLAG!!~

HULOG ang apat sa mga 'to!

"Woooww.." si Tob naman. **"Pucha.. dre.. mas okay pala kapag ganyang walang kibo si Max! Sunod sunod ang swerte!"** biro nya pa.

"H-Hindi kaya dahil m-masyadong malakas ang pagkakatira nya ngayon??" tanong pa ni Lee at muli akong tumingin kay Taguro!

Kinuha nya ang tako nya at mabilis na nagtisa.. Pumwesto at tumira..

HULOG!

Muling pumwesto at tumira...

HULOG!!!

Nagpaulit-ulit lang ang ginawa nya at naubos nya ang bola ng walang kahirap hirap!

"Swabe.." bulong pa ni Tob habang nanonood sa kanila.

Ang sumunod na tumira ay si Parrot at naging maayos rin ang paglalaro nya..

"Kyaaaaaaaa!!"

"Leeeett's gooo BIS!!"

"Habooooll naman dyan SIS!"

Mabilis na pumatak ang minuto at mahigit isang oras at kalahati na silang naglalaro at lamang ang score nila Taguro kila Sam! Mas uminay ang mga

nanonood dahil 5-3 ang score!

NAIH'S POV

Kapansin pansin ang lakas ng tira ni Max..

Sa isang tira nya ay dalawa ang naihuhulog nya! Amp!

Naintindihan ko na yung sinasabi ni Deib kanina.. iba nga sya ngayon..

At hindi ko yun napansin talaga dahil nasanay naman akong hindi talaga sya kumikibo.

Nasanay naman akong kapag wala sya sa mood ay hindi rin sya kumakain.. E kumain naman sya kanina kaya naman mas lalong hindi ko napansin ang mood nya.. Tanging si Sensui lang ang nakapagsabi saking wala nga talaga sya sa mood ngayon..

Salubong na salubong ang mga kilay nya twing tumitira at talaga namang mararamdaman mo ang bigat at lakas ng tira nya! Halos hindi nya na rin sinisipat ang mga bola dahil mabilis syang pumupwesto at tinitira ang pagkakasunod sunod ng mga ito..

Hindi sya tumitingin sakin at hindi rin sya lumilinga sa paligid..

Hanggang sa..

~KLAG!~

Sumablay sya..

"Aaaaahhh.." nanlulumong ingay ng mga nanood.

"Gooooo SIS!"

"Kayang kaya yan!"

"Haboool tayooo!"

"Let's goooo SIS!!"

"Woooohh wala yan!!!"

Walang ekspresyong naglakad sya papalapit sakin at tinisaan ang tako nya.

"M-Max.. okay ka lang ba??" tanong ko pa sa kanya at nilingon nya naman ako.

"Ayusin mo yung tira mo mamaya.." sagot nya at saka iniiwas ang tingin nya sakin at nanood.

Bumilis ang tibok ng puso ko at naging balisa ako. Mabilis ring sumablay yung kasama ni Sam kaya naman tumayo ako.. Nilingon ko pa si Max pero hindi nya ako tinignan!!! Nanatili syang nakatingin sa mesa kaya naman mabigat ang loob na naglakad ako papunta sa mesa at saka sinipat ang mga bola..

Ano bang nangyayari sa kanya!? May nangyari bang hindi ko alam?!

Mamaya ka na mag-isip, Zarnaih! Magfocus ka kung ayaw mong ikaw ang sarguhin ni Taguro!

Kaya naman wala akong choice kung hindi ang ayusin ang tira ko..

"Wheeeww.. minsan na nga lang tumira.. mukhang sasablay pa.." dinig na dinig kong bulong ni Sam!

Inis akong nilingon sya!

~PRRRRIIIITTT!!!!~

Pito ng referee sakin!

"W-What?!" inis na tanong ko sa referee at sinensyasan nya akong bawal lumingon doon.

"Psh.. she's nervous.." bulong naman nung kasama ni Sam kaya naman hindi na ako ulit lumingon at nagfocus na lang sabola!

Peste! Peste! Peste! Punyeta!

Ano ba kasing nangyayari!

Pilit kong inayos ang posisyon ko at saka tumira!

~KLAGAK!!!~

SABLAY!

WTF???

"Aaaaahhh..." nanlumo na naman ang crowd.

"Anong nangyayari sa kanila?!"

"Baka kabado.. championship e.."

"Tsk... bakit don pa sila sa madadali sumasablay?!"

TAMA SILA!

Sa madadaling tira pa kami sumasablay! Ang parehong sablay namin ni Max ay yung deretsong deretsong tira at side pocket pa!

Peste talaga!

"Mmm.. mukhang wala kayo sa mood ngayon ah??" pang-aasar pa ni Sam na talagang ipinarinig samin ang sinabi nya kahit na nakatingin sa tinitisaang tako ang paningin nya! **"Mukhang mga wala kayo sa hulog ngayon kaya pati hulog nyo sablay.. Handa na ba kayong matalo??"**

"Isang sablay mo lang.. wag na wag ka ng humawak ng tako kahit kailan dahil wala ka ng karapatang maglaro pa ng bilyar kailanman.." madiing banta ni Max!

Gulat akong nilingon sya..

Nananatili syang nakatingin sa mesa at salubong na salubong pa ang mga kilay nya!

"Psh.." dinig ko pang singhal ni Sam at saka pumwesto at nagsimulang tumira! Sunod sunod nya ring naihulog ang mga bola at dumagdag sa puntos nila!

Masyadong makipot ang espasyo ng Hall ng LU.. Hinati kasi ang hall sa table tennis at billiards.. Kaya naman yung pagitan ng mesa sa player's chairs ay masyadong malapit. Gayunpaman ay maayos pa rin naman ang pwestuhan..

Mabilis na tumakbo ang minuto at nalamangan na kami nila Sam!!!

Nagsimula akong kabahan dahil 5-7 na ang score! Race to 9 ang labanan kaya naman dalawa na lang ay panalo na sila!

"Gooooooooo SIS!!"

"Let's goooo SIS!!!!!!"

"Goooo Samanthaaaaa Idol!!!"

"Galingan mo Saaaaammm!!!!"

"Woooohhhh!! Wala yan!!!"

"Sablay yaaaann!!!"

"B-I-S! B-I-S! B-I-S! B-IS! B-I-S!" nagsimulang lumabas ang pagsigaw ng mga tao ng ganyan..

"Let's goooo BIS!!!!"

"B-I-S! B-I-S! B-I-S! B-IS!"

Malakas na sigaw ng mga taga-BIS na may kasama pag pukpok sa kung anu-anong mga bagay makagawa lang ng ingay!

Munit nanatiling sunod sunog ang hulog ni Sam ng bola hanggang sa makaiskor na naman sila!!!

5-8 na ang score!!!

Parang nagslow motion ang paligid ko nung lumapit ang spotter at ayusin ang mga bola sa triangle at muling iset yun.. Si Sam pa rin ang magbebreak!! Nakangiting humarap pa sya sa mga audience nya at ipinakitang hinalikan nya ang tako nya! Bagay na ngayon ko lang nakitang ginagawa nya..

"Sablay.." bulong ni Max.

Napalingon ako kay Max sa bulong nyang yun.

"H-Ha??" tanong ko pa na kunwaring hindi ko naintindihan!

~KLAG!!~

Napatingin ako sa mga bola na mabilis na kumalat pagkatira ni Sam..

"Kyaaaaaaaaaaaaaaa!!!!!"

"Waaaaaaaaaaaaaaa!!!"

"Yaaaaaaaaaaaaaa!!!!"

"Walaaaang nahuloooooggg!!!"

"Si Taguroooo naaaa!!!"

"Waaaaaaaaaaaa!"

WALANG NAHULOG MASKI ISA!

S-Sablay nga.. Waaaaaaa!!! Ang lakas naman ng pakiramdam nitong hambog na Taguro'ng 'to!

"Taguro! Taguro! Taguro! Taguro! Taguro! Taguro! Taguro!

"Tapusin mo na ang laban, Taguro!!!"

"Gooooo Maxpein!! For the Champion!!!"

Napatingin ako sa malakas na sigaw na yun ng isang pamilyar na boses! Napatingin ako sa likuran!!!

SI RANDALL!

Anong ginagawa nyan dito?! Hanggang sa Luna.. umabot?!

Napatingin ako kay Sensui at kitang kita ko ang pagkalungkot nya sa ginawang yun ni Randall! Hindi man nilingon ni Max si Randall ay alam kong narinig nya yun at sigurado akong alam nyang si Randall yun! Imposibleng hindi nya narinig yun dahil tulad nga ng sinabi ko ay maliit ang espasyo ng hall na 'to!

Mabilis na pumwesto si Maxpein..

At kagulat gulat na sunod sunod nya pa ring naihuhulog ang mga bola sa kabila ng pagiging mabilis nya!!!

TUG!*DUG!**TUG!*DUG!**TUG!*DUG!

HINDI KO MAIWASANG HINDI KABAHAN!

Ito ang kauna-unahang beses na nakita ko si Maxpein na animong nagmamadali sa laban dahil masyado syang mabilis tumira at kada tira nya ay pagtitisa lang ang pagitan ay titira na ulit sya! Hindi tulad noon na halos ilang beses nya pang sipatin ang mga bola bago tumira!!!

6-8...

"Taguro! Taguro! Taguro! Taguro! Taguro! Taguro! Taguro!!!"

"B-I-S! B-I-S! B-I-S! B-IS! B-I-S!B-I-S! B-I-S! B-I-S! B-IS!"

7..8..

"Taguro! Taguro! Taguro! Taguro! Taguro! Taguro! Taguro! Taguro! Taguro! Taguro!!!"

"B-I-S! B-I-S! B-I-S! B-IS! B-I-S!B-I-S! B-I-S! B-I-S! B-IS! B-I-S!B-I-S! B-I-S! B-I-S! B-IS!"

8..8..

Sheeeett!!! Max isa na lang!!!!

"Gooooo Taguroo!"

"Waaaaaaaaa!! Ramdam na ramdam ko na!!!!"

Habang nagseset pa ang spotter ay kinalabit ko si Max sa paa gamit ang pwet ng tako ko..

"M-Maxpein.." tawag ko pa sa kanya at nilingon nya naman ako. Nananatiling blangko ang emosyon ng mukha nya at andon ang medyo masamang tingin nya pero hindi ko yun pinansin at bukal sa loob kong nginitian sya.. **"Ilabas mo lang dyan ang galit mo.. pero ipanalo mo ah?? Goodluck.. Hwaiting!!!!"**

Nakangiting sabi ko na nag-PEACE sign pa..

Pero tinalikuran nya lang ako nung tawagin sya ng referee..

Sobrang wala sa mood 'to..

At nagsimula ulit syang pumwesto sa harap ng mesa..

"Goooo Max.. kaya mo yan.." bulong ko pa habang nakaupo..

Hindi ko maiwasang hindi kabahan..

Dahil isang sablay nya lang sa sargo nya.. mapupunta kila Sam ang tira at hindi ko na kailangang mag-alinlangan pa dahil pwedeng manalo na agad sila!

Kaya naman todo panalangin na akong sana makahulog si Max sa tira nya!

"Gooooo Maxpeeeeiiin!!!!" dinig kong sigaw ulit ni Randall! Nilingon ko sya at bakas ang saya sa mukha nya.

Peste! May boyfriend na yan at may girlfriend ka na! Mag-move on ka na at bumalik sa SIS!

Sinipat ni Max ang bola'ng nakaset at saka naghanap ipinuwesto kung saan nya kadalasang inilalagay ang pato para ibreak ang bola..

Gulat akong napatingin sa kanya nung iangat nya ang paningin nya at tumingin kay SENSUI!!

Oh my God...

Kyaaaaa!!!!

Hindi ko mapigilang kiligin!!!!!

Ngayon nakakasiguro na akong lamang na talaga si Sensui!!!! Hahhaha!!!!

Nakangiting sinulyapan ko rin ang gulat pa'ng si Sensui at saka tumingin kay Max! Nananatiling blangko ang mukha nya pero yung kaisa-isang bagay na ginawa nyang yon.. ay dahilan na para matuwa ako hehehehe!!!

You can do this Max.. you can do this..

Pumwesto si Max sa na titira..

Parang huminto ang puso ko...

Pero mabilis syang tumayo at pumunta sa kabilang parte nung mesa at muling sinilip ang mga yon!

"Mukhang kinakabahan ka na Maxpein.." mahinang pang-aasar pa ni Sam sa kanya at talaga namang dinig na dinig ko pa yun! Gusto ko syang sugurin pero sadyang hindi pwede!

HAMBOG!

"Hahahaha.. just break the balls, Maxpein.." mapang-asar pang sambit ni sam sa kanya! **"Sasablay ka kung sasablay ka.. Hahahahahaha. Ano bang sinisipat sipat mo pa dyan?!"**

"Tinitignan ko lang kung pantay yung pato ko.." sabi pa ni Max na sinisilip ang mga bola.. **"Gusto kong makasigurong maihuhulog ko ang nuebe at sasakto sa mukha mo yung ocho para paniguradong panalo.."** madiing sabi nya pa at saka tumayo at muling pumwesto..

Bwahahahah!!!

Gusto kong tumawa ng malakas dahil sa kayabangang yon ni Maxpein!!!

Isa pa! Bwahahahah!!

Natatawang pinagmasdan ko si Maxpein at muling huminto ang puso ko nung biglang pumwesto sya at tinira ang bola!!!!!!

"Waaaaaaaaaaa!!!!" mahinang sigaw ko pa at naitakip ang dalawang kamay ko sa mga mata ko!

Waaaa!!! Sana hulog! Sana hulog! Sana hulog!!!'

"Kyaaaaaaaaaaaaaaaa!"

"Waaaaaaaaaaaaaaaaa!"

"Yaaaaaaaaaaaaaaaaaaa!"

"OMG!!!!!!!!!!"

"Yiiiiiiiiiiiiiiiieeeeeeeee!"

Dahan dahan ko pang ibinukas ang mga mata ko at nakangangang tumingin sa mga tao!

PARANG NAG-SLOW MOTION ANG LAHAT!

Nagtatalunan lang sila kaya naman napatayo ako at napatingin sa mesa!!!

Agad na hinanap ng mga mata ko ang isang importante'ng numero doon at..

Oh my God...

Oh my Goooodd!!

Dahan dahan kong nailipat kay Maxpein ang paningin ko na bagsak ang mga balikat na papalapit sakin at pabato'ng isinauli ang tako ko!

"H-Hup!" singhal ko pa pagkasambot ko nito!

Nanatili akong nakangangang pinapanood syang tuluyang makalapit sakin!!!!!

At nagtama ang paningin namin ni Maxpein!!!!

Pano mo nagawa 'to!!!

"Tss.." singhal nya na umasta pang natatawa at saka mabilis na iniiwas ang paningin sakin at dumeretso sa upuan nya!

"KYaaaaaaaaaaaa!!"

"Waaaaaaaaa!!!"

"Yaaaaaaaaaaaaaaaa!"

"Champioooooooooon!!"

Parang slow motion pa ring naglakad ako papalapit sa mesa habang nakanganga..

Hinanap ko ang nuebe..

"C-Congrats.."

Naiangat ko ang paningin ko at nagtama ang paningin namin ni Sam!

"Huwaaaaaaaaa!" malakas na sigaw ko at saka ako nagtatatalon sa tuwa! **"Kyaaaaaaaaaaaa! Champion kame!"** sigaw ko pa ulit at saka patakbong lumapit kay Max! **"Max! Champion tayo! Anggaling mo!"**

OceanofPDF.com

CHAPTER 125 : INTERHIGH Closing Remarks

MAX'S POV

Hindi ko inaasahang sa isang tira ko ay maihuhulog ko ang nuebe.. Kadikit ko pa rin pala talaga ang swerte..

Pagkatapos na pagkatapos ng laban ay halos hindi magkamayaw ang mga tao..

Kakatalon..

Kakasigaw..

Kakapalakpak..

Kakahiyaw..

Kakakaway..

Kakakampay..

Aaminin kong hindi maganda ang kundisyon ng pag-iisip ko ngayon at hindi ko maintindihan ang emosyon ko..

Pakiramdam ko ay hindi ako maiintindihan ng mundong kinatatayuan ko ngayon..

Malungkot..

Masakit..

Napakaraming tanong ang nabubuo sa isip ko at alam kong sinuman ang lumapit sakin ngayon ay hindi makakatulong para masagot yon..

Naalala ko lahat ng sinabi ni Maxwell kagabi..

Lalo mo lang ginulo ang isip ko..

Namuo ang mga luha sa mga mata ko pero agad ko rin namang pinawi iyon..

Naagaw ang atensyon ko ng papalapit na saking si Naih..

Ang matalik kong kaibigang hindi saulo ang bawat liko ng bituka ko..

"Maxpein!" malakas pang sigaw nya. Pilit ang ngiting iginanti ko naman sa kanya. **"Oh my God! Oh my God! Oh my gosh! Nakakaloka ka! Isang tira---Champion na!"** masayang sigaw nya pa at saka biglang yumakap sakin!

"Huk!"

"Hindi mo alam kung gano mo ko napasayaaaaaaaaa!!!" mangiyak ngiyak na sigaw nya pa. **"Huhuhuhu nakakainis ka! Yung patahi-tahimik mong yan hindi ko alam na may plano ka na palang mag-Champion talaga!!! Nakakaloka ka!!! Huhuhuhu.. Congrats sating dalawa huhuhuhu! Lalong lalo na sayo! Leche ka! Dagdag yabang na naman tuloy yan huhuhuhu!!!"**

"Tss.. ang OA OA mo talaga.." pilit ang tawang sabi ko pa at kumalas naman sya sa pagkakayakap sakin at saka inis na tumingin sakin at ngumuso.

"Tse! Nakakainis ka! Huhuhuhu anggaling galing mo! Hindi mo man lang ako tiniran ng pwesto para may maipagyabang man lang ako!"

"Maganda ka di ba? Edi yan ang ipagyabang mo.. Tss.." sabi ko pa at saka natatawang tinalikuran sya at kinuha ang tako at case ko.

"C-Congrats.." biglang may nagsalita mula sa likuran.

Muli naman akong lumingon para tignan yun..

Si SAMANTHA.. at yung ka-double nya.

"Mmm.. Thank you.." pormal na sagot ko.

"Hindi ko maintindihan kung bakit hindi na kita matalo ngayon, Maxpein.." pilit ang ngiting sabi nya pa.

"Matatalo mo ko.. kung isasantabi mo ang pagyayabang mo.." mayabang na sabi ko. **"Gaya ng sakripisyo kong isantabi ang yabang ko kapag ikaw ang kalaban ko.."**

"Psh! Wala talaga akong gawa sa yabang mo!" nangingiting sabi nya pa. **"Oh well.. tapos na ang laban.. Wala ng dahilan para hindi tayo magkasundo.. Haaaayyss.."** huminga pa sya ng malalim habang nakangiti. **"Masaya akong nakalaban ulit kita ng tunay na laban..."**

"Mmm.. masaya rin akong nakalaro ulit kita.." nakangiting sabi ko pa.

"Oh e ang lagay e---kayo lang ang naglaban?!" biglang sarkastikong sabat ni Naih at nilingon naman namin sya.

"Hahahahahahaha! Ahh yeah! The ever demanding Zarnaih's reacting on the side.. Mmm yeah.. it was really nice----"

"Tse! Samantha, stop me! Wag mo kong ingles inglesin! Tapos na ang interhigh oh!" nakangusong pigil ni Naih sa kanya at saka ngumiti ng malaki! **"Wag mo na kaming dadaragin ah!? Hahahahhaha!!!"**

"Hahahahaha sure.. wala naman ng dapat paglabanan pa dahil talong talo na talaga ako sa inyong dalawa! Tsk!" nakangiting sagot pa ni Sam sa kanya.

At nagyakap sila.

"Oh well.. nanonood si Daddy at paniguradong katakot takot na pangsasabon na naman ang gagawin nya sakin dahil natalo ako ng isang Maxpein na dating tambay lang naman sa bilyaran namin hahahahahaha! Masakit pa rin pero.. sa tingin ko ay kailangan ko ng tanggapin.." baling sakin ni Sam.

"Wala naman akong pakialam kung sinong mas magaling.. ang mahalaga, kung sinong nanalo.. Wag kang mag-alala.. ikaw pa rin ang kauna-unahang babae'ng tiningila ko sa larangan ng bilyar bukod kay Black Widow at sa sarili ko.." nakangiting sagot ko.

"Sya sya.. Tama na ang mga pang-uuto mo! Matapos mo kong talunin e ngayon mo sasabihin yang mga papuri mo! Hmp! Kahit kelan ka! Halika nga dito! Give Samantha a big hug!!!" natatawang sigaw pa ni Sam sakin.

"Tss.. hindi na.." tanggi ko pa.

"Anong hindi na! Magyakap kayo! Punyeta!" sigaw ni Naih!

At pinagdikit kami!

Napayakap na lang rin ako kay Sam dahil sa pagkakatulak papalapit samin ni Naih at dahil na rin sa nahihiya akong lumayo pa.

YAKAP

"Thanks for the nice game.." bulong ko. Tinapik ko pa ang likod nya.

"Thanks for the experience!" bulong nya pa na tinapik rin ang likuran ko. **"Psh! Pero hindi ko pa rin matanggap na nasayo ang makasaysayang tako!"**

Napangiti ako sa sinabi nya..

At saka kami humiwalay sa pagkakayakap sa isa't isa at saka nagkamay.

"See you around.. *'Taguro Brothers'*.." matamis ang ngiting sabi pa ni Sam na tumingin saming dalawa ni Naih at saka tumalikod.

Nakipagkamay lang rin samin yung ka-double nya at saka sumabay sa kanya paalis..

"Wooohhh! Akala ko magyayabang pa sya e hehehehe.." bulong pa ni Naih.

"Tss.. ang plastik mo talaga.. Sinabi mo yan kung kelan nakaalis na.." pang-aasar ko pa sa kanya.

At saka kami bumalik sa reyalidad ng ingay..

"Wooooooohhh!!!"

"BIIIIIIIS!"

"Tagurooo Brotherrrss!!!!"

"Ang lulupet!"

"Astiiig!"

"Congraaaats!!!"

"I loooove youuu Maxxxx!!!"

"I looovee youuu Naihhh!!!"

"Gooooo Tagurooo!!!"

"Parrrooottt!!!"

"BIS!!!"

"Thank youuuu!!! Oh my God! Thank youuuuu!!!! Oh! Hahahah! Thank youuuuu!!!!" malakas na sagot pa sa kanila ni Naih.

Salamat..

Panay ang kaway at wagayway sa kanila ni Naih at ako naman ay natuon ang paningin sa nakatingin rin sakin si Sensui..

Kahit nakangiti sya ay ramdam ko ang lungkot ng mga mata nya..

Paniguradong dinamdam nya yung treatment ko sa kanya mula pa kanina'ng umaga..

Bagay na hindi ko sinasadya..

Pasensya na..bulong ko pa sa isip ko at saka bumuntong-hininga.

At saka ako ngumiti at nag-*PEACE* sign sa kanya..

At saka bumungad ang matatamis na mga ngiti sa mukha nya..

Yung mga ngiti nyang kahit na anong iwas ko.. naiiwan sa isip ko..

Agad akong humarap sa papalapit na saming referee at announcer.

Natigilan na rin si Naih sa kakakaway at kakasigaw ng pasalamat sa mga tao'ng walang sawang nag-iingay..

"Let us all give a round of applause to the Champion of Billiards.. Brint International School!!!!!!" malakas na sigaw ng Announcer at nakipalakpak naman ang referee.

P*A*L*A*K*P*A*K*A*N

CLAP! CLAP! CLAP! CLAP!

"Wooooooohhh!!!"

"BIS!!!"

"We loovvveee youuu Taguro Brothers!!!!"

Lumapit kami ni Naih sa Announcer at Referee at saka nakipagkamay..

"Congratulations!" masayang bati nila samin..

"Thank you.." sagot ko na nakipagkamay sa kanilang dalawa.

"Congratulations!" baling naman nila kay Naih.

"Oh my God.. thank youuu! Thank youuu so much!"

At saka kami bumaling sa mga bleachers at kumaway..

"Kyaaaaaaaaaaahh!!"

"Woooohhh!!"

"Anggaling nyooooo!!!"

"Idooooolll!!!!"

Matapos nun ay mabilis na naming kinuha ni Naih ang mga gamit namin at saka naglakad papunta sa mga kasama namin.

"Congraaaattttulaaatiooons mga bakla!!!" sigaw pa ni Migz at BJ.

"Congrats Max and Naih!" si Michiko.

"Thanks.." sagot namin ni Naih.

"Bilisan nyo!" salubong samin ni Migz kaya naman nagulat kami.

"Bakit?" si Naih.

"Closing Remarks na.. don daw sa quadrangle.." sigaw nya pa at saka nagmadaling maglakad papalabas.

Sinalubong naman kami nila Lee, Tob at Sensui.

"Congrats.." nakangiting bati ni Lee kay Naih.

"Yiiieeee thank youuuu!!!"

"Congrats Max.." bati naman sakin ni Tob.

"Mmm.. thanks.."

"Congrats..." si Lee.

"Thanks.."

"Congrats Naih.." si Tob kay Naih.

"Thank youuu Tob!!!"

At nagpaulit-ulit ang pagko-congrats nila at pagte-thank you namin..

Kaya naman humarap nako kay Sensui at saka malakas na bumuntong-hininga.

Ngumiti naman agad sya sakin.

"Napagod ka ba??" nakangiting tanong nya.

"Hindi naman.."

"Tch.. malamang.. ang bilis mong tumira e.." nakangiti munit nakangusong sabi nya. **"Nagmamadali ka ba?! Hahhahaha.."**

"Mmm?? Mabilis ba??" mayabang na tanong ko pa.

"Tch.." singhal nya at saka umakbay sakin. **"Congratulations.."**

"Salamat.."

"Ayoooonn.. ganooon??? Matapos mong mag-emote emote kanina.. kikiligin ka ngayon?! Ganon!?" nakapamewang na pang-aasar sakin ni Naih at siniringan ko naman sya at saka tinapik si Lee.

"Tara.. Closing Remarks daw.." sabi ko pa at saka kami naglakad papunta sa quadrangle. Nagsisimula ng magsalita ang isang lalaking mukhang announcer.

DEIB'S POV

Pagdating sa quadrangle ay nanatili akong nakaakbay kay Taguro..

Saraaaaaaappp..

Hindi ko maiwasang hindi mapangiti dahil ngayon lang namin ginawa 'to.. nang maraming nakakakita!!!

Sabagay.. nagyakap na nga kami sa harap nila e hahahahah!!!! Taguro.. Taguro.. Taguro..

"May we call on Mr. Faller, the head of Sports from Brint International School.."

~CLAP! CLAP! CLAP! CLAP! CLAP!~

"Thank you... Thank you.." nakangiting sabi pa ni Mr. Faller. **"So.. hindi ko na kailangang pahabain pa ito para makapagcelebrate naman kayo'ng mga nanalo.."**

"Wooooohhh!!!"

"BIS!!"

"Yeaaaahhh!!"

"Yes.. I would first like to congratulate all those whose efforts have led to your presence here today.. To all of the Students.. Schools.. Universities.. Colleges.. Academies.. To their, Teachers.. Professors.. And of course all of our players and their families! To those who participated in this event... And to the champions.. CONGRATULATIONS!"

"Waaaaaaaaaaaaaa!!"

"BIS!!!"

"Woooohhh!!"

"Nais ko ring pasalamatan ang bawat namumuno sa bawat paaralang pinagdausan ng event na 'to.. Sa pamunuan ng South International School.. sa pamunuan ng Luna University.. Maraming maraming salamat.. Alam kong bawat manlalaro sa bawat paaralang dumalo sa sportsfest na 'to ay hinangad ang mag-Champion.. kaya

naman nais kong pasalamatan at bukod don ay i-congratulate ang bawat manlalaro'ng nakilahok sa Interhigh na 'to.. At sa mga students ng Brint Inter-----"

"Kyaaaaaaaaaaa!"

"Waaaaaaaaaaaa!"

"B-I-S! B-I-S! B-I-S!B-I-S! B-I-S! B-I-S! B-IS! B-I-S!B-I-S! B-I-S! B-I-S! B-IS!"

Malakas na sigawan..

"Sa lahat ng players ng Brin----" hindi na naman naituloy ni Mr. Faller ang sasabihin nya dahil..

"Wooooooohhh!!!"

"B-I-S! B-I-S! B-I-S! B-I-S! B-IS!"

"Students.. Students.. Please let me finish my speech first.." nakangiting pakiusap pa ni Mr. Faller. At kumalma naman ang crowd. **"Sa bawat manlalaro'ng nakilahok mula sa Brint International School.. muli ay nais ko kayong batiin sa pagkakapanalo nyo.. Salamat ng napakami and.. CONGRATULATIONS!!!"**

"Kyaaaaaaaaaaaaaaa!"

"Waaaaaaaaaaaaaaa!"

"Wooooooooooohhhhh!"

"Yaaaaaaaaaaaaa!"

"At para sa mga huling manlalaro'ng naglaro at nakapagpanalo sa BIS.. BIS Basketball Team and BIS Billiards Team.. Thank you and Congratulations.." nakangiting dagdag pa ni Mr. Faller at saka kumaway sa amin. **"Thank you everyone! And enjoy the rest of the day! God bless us all!"**

"B-I-S! B-I-S! B-I-S! B-IS! B-I-S! B-IS!"

Nagbatian ang mga tao na nandoon..

Kami rin ay nakipagbatian sa bawat student from other schools na makasalubong namin.

"Congrats.."

"Congratulations!"

"You deserve to win!"

"Champion na naman!"

"Walang kupas!"

"Hirap kalabanin talaga! Sarap nyan! Congrats!"

"Wooooohhh BIS is the best!"

"Born to become Champion!"

"Goooo BIS!"

Iba't ibang uri ng pagbating narinig ko mula sa kanila.

"Salamat.. Salamaat.. Thank you... Salamaaat.." paulit-ulit na sagot ko sa kanila.

"Ang galing galing mo Zarnaih!"

"We love youuu Zarnaih!"

"Go go go Zarnaih!"

"Ang astig nyo ni Maxpein, Zarnaih!"

"Oh my God---Oh my God! Thank youuu talaga! Hahahahaha! Don't stop me hahahahaha! Thank youuuu!"

Abnormal..

At saka ko nilingon si Taguro na tipid man ay nakukuha pa ring ngumiti habang nagpapasalamat sa bawat students and players na bumabati sa kanya.

"Congrats!"

"Anggaling mo Taguro.."

"Idol na kita.."

"Anggaling nyo ni Parrot.."

"Nice.. ngayon ko lang kayo nakilala pero ang astig nyo talaga.."

"Ang cool nyo.."

"Gusto ko na rin tuloy magbilyar kasi anggaling nyo.."

"Astiiiig talaga ang Taguro Brothers!"

"Ang cool nyooo! Autograph!! Pakilagay Jamaica na maganda!"

"Salamaaat.." tipid ang ngiting sagot ni Taguro sa isa-isa sa kanila..

At saka ako nakangiting lumapit sa kanya.

"Congrats ulit.." pigil ang ngiting sabi ko sa kanya.

"Mmm.. congrats rin.."

"Salamaaaaattt.." nakangiti pa ring dagdag ko.

"San mo gustong pumunta?"

Gulat akong napatingin sa kanya.

Magdedate ba kami???

Hahahahaha! Tsk tsk.. Badtrip naman oh! Hahahaa!!!

"B-Bakit mo naitanong yan??" pigil na naman ang ngiting tanong ko pa.

"Ayaw mo bang magcelebrate?" nakangiti ring tanong nya pa.

"Mmm.. that's a good idea.." nakangiting sagot ko. **"Pero.. mas maganda kung masosolo kita.."**

"Mmm.. hindi lang naman tayong dalawa ang nag-Champion di ba??"

"Tch! Oo nga pero.. may kanya kanyang love life na tayo ngayon, babe.. Hindi na nating kailangang magpasama pa sa kanila.."

"Pero mas masaya kung kasama natin sila.."

"Tsk.. Okay sige.." kunwaring napipilitang sagot ko.

"San mo nga gustong pumunta??"

"Bakit ako tinatanong mo? Ikaw ang magdesisyon dahil ikaw ang boss ko.."

"Tss.. kung sasabihin ko palang pumunta tayo sa impyerno.. gugustohin mo??"

"Malamang!"

"Eh?!" takang sagot nya.

"Kasi alam ko namang gagawin mong langit ang impyerno ko.. bwahahahahahahahahahahaha! Ang tali-talino ko talaga.." taas-noong sagot ko pa! **"Bwahahahahahahahaha------"**

"Maxpein.."

Peste naman 'to! Wrong timing!

SI RANDALL!

"Mmm?? Randall..." pormal na sagot ni Taguro sa kanya kaya naman bahagya akong lumayo sa kanya.

Bahagyang bahagyang layo lang naman na tipong isang maling galaw ko lang ay mayayakap ko na sya..

"Congratulations.. you did it.." nakangiting sabi pa ni Randall na mas lumapit pa kay Taguro!

Tumingin naman ako sa gilid ko at don nagmake-face!

You did it---your asssss!!!!

"Thank you.." nakangiting sagot ni Taguro sa kanya.

"I'm sure proud rin ang buong SIS sayo.."

"Talaga? Mmm.. edi salamat rin sa kanila.."

"Hahahahaha.. mukhang okay na kayo ni Sam ah??"

"Mmm.. okay naman talaga kami.. hindi lang kami okay kapag ganyang may laban.. Para walang bigayan.."

"Yeah right.. dati nyo naman ng gawain yan.. Ang magpayabangan bago at habang naglalaban.. Hahahahaha!" natatawang dagdag pa ni

Randall at nakitawa naman si Taguro sa kanya!

E kung layasan ko kaya 'tong dalawa?! Bwiset!

Bumalik lang ako sa reyalidad nung biglang natahimik silang dawala..

Napatingin ako kay Taguro at ayun na naman yung salubong na mga kilay nya..

Pero hindi sya kay Randall nakatingin..

Kaya naman tumingin ako kung san sya nakatingin..

SA KAMAY NI RANDALL.

Anong meron don?!

Muli akong palihim na tumingin sa kamay ni Randall pero wala naman akong nakita. Kaya naman nilingon ko na lang ulit si Taguro na iniangat na rin ang paningin sa kanya.

"Anong nangyari sa kamay mo?" biglang tanong ni Taguro dahilan para muli akong mapatingin sa kamay ni Randall!

Ano bang meron don!? Wala naman akong makita----

A-Ano yan?

Nagulat rin ako nung makitang may mga bakas ng gasgas pa ang mamula mulang kamay ni Randall. Ipinakita nya ang isa pa at...

Haaaa???

Mas gulat akong makita ang pamamaga non!

Napatingin ako kay Randall pero nanatili kay Taguro ang paningin nya!

"Ahh hahaha.. Wala 'to.." pormal na sagot ni Randall sa kanya.

"Patingin.."

Agad akong napalingon kay Taguro dahil sa sinabi nyang yon!

Bakit kailangan mo pang lumapit kung makikita mo naman yan ng hindi lumalapeet!!!!!!

Ipinakita ni Randall sa kanya ang kamay nya habang nakangiti pa.. at doon nagsimulang madurog ang puso ko..

Peste!

"Wala 'to.. n-nagasgasan lang ako.." dagdag pa ni Randall at..

Andwae!!!

HINAWAKAN PA NI TAGURO AT MAS TININGNAN ANG MGA KAMAY NYA!

DA-LA-WANG KAMAY NYA!!

Hindi ko napigilang magsalubong ang mga kilay ko habang nakatingin sa kanila!

Kaya naman hindi ko na rin nagawang itago yun nung biglang sulyapan ako ni Randall at tumama ang paningin ko sa mga mata nya!

Nanatiling blangko ang mukha ni Randall nung sumulyap sakin at kitang kita ko pa kung paanong pinag-aralan ng mga mata nya ang kabuuan ng mukha ni Taguro'ng abalang abala sa pagsipat ng mga kamay nya!

"A-Ayos lang ako.. P-Pein.." biglang sabi ni Randall na kusang hinigit ang mga kamay nya.

"Nakipagsuntukan ka..??" malumanay na tanong ni Taguro sa kanya dahilan para manlaki ang mga mata ni Randall. Nagpalitan naman ang tingin ko sa kanilang dalawa. **"Nakipagsuntukan ka.."** animong siguradong siguradong dagdag pa ni Taguro at naiiwas ni Randall ang paningin nya sa kanya.

"A-Ahh.. h-hahahaha.. W-Wala yun... nagbibiruan kasi kami.. nagkapikunan sa huli kaya---"

"Hindi mo ugaling makipagbiruan.." natatawa pa kunwaring pigil ni Taguro sa sinasabi ni Randall!

Napatingin naman ako sa kamay ni Randall..

At kung ako ang tatanongin.. kung titignan ko ngang maigi ang kamay nya ay halatang nakipagsuntukan nya sya..

Natahimik si Randall at hindi nakatingin sa kanya.

"Sana walang kinalaman sakin yan.." pilit ang ngiting dagdag ni Taguro.

"P-Pein.."

"Tss.." singhal ni Taguro na tumingin pa sa iba bago muling tumingin sa kanya.

Walang namutawing palitan ng salita sa pagitan nila pero yung tinginan nila sa isa't isa ay parang nag-uusap!

Hindi ko maintindihan kung bakit parang pati ako ay nakukuha ko ang ibig sabihin ng mga tinginan nilang yon!

Si Taguro ang dahilan kung bakit sya nakipagsuntukan.. Tsk.. Hindi ko maintindihan kung matutuwa ba ako o maiinis! Tch!

Nanatili na lang akong nakatingin sa kanila kahit na ang awkward na ng sitwasyon ko!

Gusto kong umalis pero hindi ako makakilos sa kinatatayuan ko!

"Tell me.." tipid munit maawtoridad na utos ni Taguro kay Randall.

"W-What??" natatawa pa kunwaring tanong ni Randall.

"Anong nangyari dyan?" tanong ni Taguro na itinuro pa ang kamay nya.

"A-Ahh... hahaha.." kunwaring tawa na naman ni Randall at saka tumingin kay Taguro at nung makita nyang seryoso talaga si Taguro saka dahan dahang nawala ang pilit na ngiti't tawang yun sa mukha nya.

At saka liningon ako..

Yung mga tingin ni Randall sakin na yun ay parang sinasabing.. UMALIS AKO SA HARAP NILA DAHIL MAG-UUSAP SILA!

"A-Ahh.. d-don muna ako.." paalam ko. **"E-Excuse me---"**

Gulat akong napatingin sa kamay ko nung biglang hawakan ni Taguro yon!

Dahan dahan kong naiangat ang paningin ko sa kanya pero nananatiling na kay Randall ang paningin nya!

Napatingin ako kay Randall at nakatingin rin sya sa kamay kong hawak ni Taguro!

Kaya naman dahan dahan akong bumalik sa pwesto ko at tumingin kay Taguro.

"Dyan ka lang.." mahinang utos nya pa sakin.

"Anong nangyari dyan??" pag-uulit nya ng tanong kay Randall.

Napabuntong-hininga pa muna si Randall bago nakapagsalita.

"H-Hinanap ko si Choco.." mahinang sagot nya at napabuntong-hininga rin ng mas malakas si Taguro.

Si Choco?! Kilala nya si Choco?!

Hindi nagsalita si Taguro at tumitig lang sa kanya na animong naghihintay ng iba pang ikukwento nya.

"P-Pero w-wala naman 'to kaya.. okay lang ako.." dagdag pa ni Randall.

Taka pa akong napatingin kay Taguro nung bigla syang luminga linga sa paligid. Napatingin rin ako sa paligid at tanging yung mga natitirang estudyante mula sa ibang schools na lang ang nandoon, maliban sa mga kaibigan naming panay rin ang sulyap samin mula sa di kalayaun..

"Kaya pala hindi ko nakikita si Choco ngayon dito.." halatang pilit ang ngiting sagot sa kanya ni Taguro at saka muling bumuntong-hininga. **"Salamat sa ginawa mo.. pero sana hindi mo na ulitin yon---"**

"Pein.."

"Randall.. hindi mo alam nag pinag-ugatan ng gulo namin.. Naiintindihan kong gusto mong makatulong at makaganti pero.. hindi

mo alam kung anong dahilan ng gulo namin.. H-Hindi maganda'ng tignan na.. nakikisali ka sa gulo ng may gulo.. May ideya ka ba kung sino samin ang tunay na may kasalanan??" tanong ni Taguro at natigilan si Randall. Bumuntong-hininga namang muli si Taguro at saka tumingin sa kanya. **"Salamat.. Salamat sa concern mo.. Pero sana.. w-wag mo ng uulitin 'to.. kasi ayaw kong madamay ka.."**

Hindi ko maintindihan kung bakit may kaunting kuro akong naramdaman sa sinabing yun ni Taguro sa kanya!

Yung katotohanang sinabi nya sakin yon---at sinabi nya sa kanya..

Hindi ko yon nagustohan..

"You don't really have to worry about me.. a-alam naman na nila Daddy ang tungkol dito.. Tinutulungan na rin naman ako ni Chairman Moon.. at alam nila ang mga gulo'ng kinasasangkutan ko ngayon, kaya.. sa tingin ko sapat na rin sila para.. maging kumportable ako.." dagdag pa ni Taguro.

Hindi nakasagot si Randall sa kanya.

Ramdam kong napapahiya si Randall sa mga sinasabi ni Taguro.. Pero hindi ko alam kung anong mararamdaman ko para sa kanya..

Palihim akong sumulyap sa kanya at wala kay Taguro ang paningin nya..

"Wag kang mag-alala.. sa susunod na kakailanganin ko ng tulong.. hindi ako magdadalawang isip na tawagan ka.." nakangiting sabi pa ni Taguro dahilan para muli syang tignan ni Randall. **"Salamat talaga.."**

"M-Mmm.. w-welcome.." pilit ang ngiting sagot ni Randall.

Hindi na sumagot si Taguro sa kanya kaya naman nakaramdam sya na kailangan nya ng umalis..

Pilit ang ngiting tumingin pa muna sya sakin at saka muling tumingin kay Taguro.

"Mmm.. I guess I should go now.. Congratulations ulit sa inyo.. D-Deib.." baling nya sakin at tumingin naman ako sa kanya.. **"Congrats.."**

Hindi ko maintindihan kung praning lang ba ako o talagang may DIIN yun pagkakasabi nya ng congrats!

May iba sa dating nung pagkakasabi nyang yun sakin!

Hindi ko na lang yun pinansin at ngumiti na lang rin ako sa kanya!

"S-Salamat.." sagot ko.

"Sige.. mauna na ako.." sabi pa nya at saka muling tumingin kay Taguro.

"Ingat.." paalam ni Taguro at saka sya nakangiting tinalikuran kami..

At doon naman ako nakahinga ng maluwang!

Wooooohhh!!!!

Iiling iling na napatingin ako kay Taguro na nananatiling nasa kanya ang paningin..

"Max, Deib! Tara na sa BIS! May party party na! Kanina pa nandon yung ibang players, tayo na lang hinihintay.." biglang sigaw ni Migz dahilan para sabay namin syang lingunin.

Napatingin naman muna ako kay Taguro at saka kami sabay na lumapit sa kanila.

Mabilis kaming pumunta sa BIS dahil maaga aga pa naman.

Pagdating sa BIS ay agad kaming winelcome ng mga BIS Students and Faculties..

At dahil kanina pa pala nagsisimula ang Program ay medyo late na kami.. May mga players ng iba't ibang sports, na kasama ng mga Coach nila ang umaakyat na sa Stage at binibigyan ng award, medals, trophy at kung anu-ano pa.

Eksaktong pagpunta namin sa gitna ng quadrangle ay tumugtog ang kantang WE ARE THE CHAMPIONS. Agad naman kaming lumapit sa mga team mates namin na nakaupo sa bandang likuran ng mga upuan sa harap ng Stage.

"Let us all welcome, the BIS Basketball Team!!!!" sigaw ng emcee. **"And their Coach.."**

"Kyaaaaaaaaaaa!"

"Andyaaaaaan na silaaaaaa!"

"Waaaaaaaaaaaa!"

"Yaaaaaaaaaaaaa!"

"Anggugwapooooooooo!!!!"

"Waaaaaaaaaaaa marry me Lee!!!"

"I looooove youuuu Toooob!"

"Deib, sarangheeeeeeeee!!!"

Isa isa kaming nagsipagtayuan..

Nilingon ko naman muna si Taguro at tinanguan nya ako at sabay sabay na kami nung mga Team mates kong umakyat sa Stage.

"Teaaaaaaaamm!!!" biglang sigaw ni Coach kaya naman sinalubong agad namin sya.

"Salamaaaatt Coaaaaccchh!!!!" malakas na sigaw nang Team namin. Nagsipagpuntahan kami sa gitna at isa-isa kaming pinagsasabitan ng medal

ni Lolo.

"Congratulations.." bati pa samin ni Lolo.

"Thank you, Dean!" malakas at sabay sabay na pasalamat namin! Iniabot nung emcee ang mic kay Lolo at saka nagsalita si Lolo.

"I am very happy to be part of this huge success of talented students and it's an honor for me to present an award and trophy to these young achievers.. And to their Coach, you did a great job on keep your men on track.. Being the Champion for four consecutive years is indeed--one of our success.. Thank you and Congratulations..." sabi pa ni Lolo at saka iniabot ang trophy kay Coach.

"Thank you, Dean.. Thank you.." sabi ni Coach na yumakap pa kay Lolo at saka kinuha ang mic. **"A-Ahh.. Una sa lahat.. gusto kong pasalamatan syempre ang BIS, Dean Enrile.. Chairman Enrile.. sa lahat ng sakripisyo, kooperasyon, gastos, suporta---basta sa lahat lahat! Simula umpisa nandyan na kayo para samin.. lahat ng pangangailangan namin--isang sulat lang sa papel bilang request---pirmado agad at kinabukasan nandyan na agad---salamat po.. Salamat po ng napakarami.. Kasi kung hindi dahil sa inyo.. hindi naman kami mananalo.. Hindi tayo mananalo kung hindi tayo nagkaisa.. Kaya salamaaaat ng napakarami.."**

"Wooooohhh!!!"

"Gooo BIS!"

"Gooooo Coach!!!"

"Hahahahahaha.." tawa pa ni Coach sa mga sumigaw. **"At syempre.. hindi ko rin makakalimutan ang lahat ng students na talaga namang kahit practice ay sumisigaw.. bilang suporta sa mga players natin salamat sa inyo.. Sa mga nag-ubos ng boses.. Gumawa ng ingay.. Naglabas ng pera.. Nakisama.. Nakiisa.. Tumulong.. Salamaat rin ng napakarami sa inyong lahat.."**

"Yeaaaaaaaahhhh!"

"Goooo Deib!"

"Leeeeeeeeee!"

"Tooooooooooobb!"

"Chriiiisss!"

"Ivaaaaann!!"

"Remsoooonn!!"

"Gooo BIS!"

"At syempre.." humarap samin si Coach. **"Sa aking mga players.."**

"Wooooooooohhh!!!!!"

"Waaaaaaaaaaaaa!"

"Anggugwapooooo nyoooo!"

"Mahal namin kayooooo!!!!"

At muling tumugtog ang WE ARE THE CHAMPIONS

"Salamat rin sa inyo guys, you did a great job also! Salamat sa inyong hard work! Naging Champion tayo dahil pinagtrabahuhan nyo ang lahat ng itinuro ko.." masayang sabi ni Coach samin! **"Ito na ang huling taon na maglalaro tayo as BIS Basketball Team.. pero nakakasiguro akong hindi ito ang huling taon na magkakasama tayo at makakapaglaro.. Tama??"**

"Yeeeess Coacccccch!!!!" masayang sigaw namin ng mga team mates ko. At humarap ulit si Coach sa audience.

"Ahh.. Siguro may mga hindi pa nakakaalam sa inyo pero.. Ang BIS Basketball Team na 'to ay sunod-sunod na naging Champion at ikaapat na taon na yun ngayon.." masayang dagdag ni Coach.

"Woooohhh!"

"Yeeeeeeees!"

"At.. masasabi kong.. lahat 'to.." itinuro pa kami ni Coach. **"Lahat ng mga players na 'to ang naging dahilan kung bakit natin nakamit ang pagiging Champion sa loob ng apat na taon.."**

"Yeeeeeeeaaaahhh!!!!"

"4-0!!!"

"Woooohhh the best!"

Muling humarap sa amin si Coach..

"Masaya ako at ako ang naging Coach nyo.. hindi ako nagsisisi'ng hinawakan ko kayo.. Kahit pa may mga oras na pinag-iinit nyo talaga ang ulo ko.. inuubos nyo ang pasensya ko.. Kahit kailan hindi ako nagsisi na hinawakan ko kayo.. At nakakasiguro akong wala ng papalit pa sa inyo.."

"Awww nakakaiyak! Bwa--hahahahahahahahahahahaha!!!!" pang-aasar ni Remson at pabirong binatukan naman sya ni Coach.

"Paniguradong may dadating namang magagaling na players sa inyo Coach.." sabat ni Chris.

"Yeah.. alam ko.. Chris, ikaw ang pinakamagaling na Captain na nahawakan ko.. hindi man ikaw ang star player ko

hahahahahahahaha.. ikaw talaga ang pinakamagaling na Captain na nahawakan ko dahil kahit na maloloko 'tong mga bata mo e-- napapasunod mo sila.."

"Salamat, Coach! Ikaw rin ang da best na Coach na humawak sakin!" sagot ni Chris kay Coach at nagyakap sila.

"Alam kong magkakaron pa ako ng mga players na mas magagaling pa sa inyo.. pero sino man sa kanila ay hindi matatapatan ang mga ginawa nyo sakin.. Walang makakapalit sa mga ibinigay nyong experience sakin.." nakangiti munit bakas ang lungkot na dagdag pa ni Coach at saka tumingin sakin. **"Enrile.."**

"Y-Yes Coach!?" nakangiting sagot ko pa.

"Waaaaaaaaaaahh!"

"We loooovvveeee youuuuu, Deeeeib!"

"Goooo Enrile!"

"Kyaaaaa ang gwapoooo mo!"

"I looove you, Deib!!!"

"Ikaw man ang pinakamatigas na ulo sa lahat ng manlalaro ko.. wala sino mang papalit sa pwesto mo bilang Deib Lohr Enrile.. kasaysayan ka sa larang ng basketball dito sa BIS.."

"Tch! Pinapaiyak mo naman ako Coach e! Hahahahahaha!" biro ko pa sa kanya.

Gulat pa akong napatingin nung biglang lumapit sakin si Lolo kasama si Chairman!

"Good afternoon.." bati pa ni Chairman at nagsipagtahimikan naman ang audience. **"This trophy represents the Most Valuable Player of this Season.. The person who will receive this award strived hard to achieve it and again.. he made it for this Season.. And it's an honor for me to present this trophy to the MVP to Mr. Deib Lohr Enrile!"**

"Kyaaaaaaaaaaaa!"

"Waaaaaaaaaaa!"

"Wooooooooooohhh"

"Yeaaaaaaaah!"

"Our MVP for four consecutive years.. We are all proud of you.. Congratulations.." nakangiting bati pa ni Chairman kaya naman dali dali akong lumapit sa kanya at tumango habang inaabot yun.

"T-Thank you, Chairman.."

P*A*L*A*K*P*A*K*A*N

~CLAP! CLAP! CLAP! CLAP!~

"Thank you..." sabi ko sa mic.

"Kyaaaaaaaa!"

"Waaaaaaahh!"

"I love you, Deib!"

"Salamat.." nakangiting sabi ko pa sa mic at saka lumingon sa mga team mates ko. **"A-Ahh.. hahahaha.. I really don't know what to say.. Hahahaha.. A-Actually.. hindi ko inaasahan 'to dahil.. alam nyo naman siguro yung nangyari nung nakaraan nung hindi ako nakapaglaro ng mga ilang araw.. pero.. talagang ako pa rin pala ang binoto nyo para maging MVP.. kaya naman, salamat.. Salamat talaga kasi.. talagang nakikita at nararamdaman kong sinusuportahan nyo ko.. I'd also like to thank God for guiding me all through out the game.. in each and every game.. To our Coach, thanks for the patience.. Eto kami.. kasi sya ang Coach namin.. To our team.. Mmm I'd like to say it's an honor for me to be around such great basket ball players here today.. Salamat sa inyo.. kita nyo naman---binoto nyo pa rin akong MVP kasi ayaw nyong masaktan ako hahahahaha! Masaya ako.. masaya talaga ako kasi, nakilala ko kayo.. na naging team tayo.. Ahh, lahat kasi kami ay Seniors na----"**

"Aaaaahhhhhhh.."

"Huhuhuhu nakakainis naman!"

"Oo nga pala.."

"Huling laro na nila huhuhuhu.."

Nalungkot ang mga students kaya naman pilit akong ngumiti sa kanila.

"P-Pero tulad nga ng sinabi ni Coach kanina.. lahat kami ay hindi na nya mahahawakan pero hindi naman ibig sabihin nun ay ito na ang huling beses na magkakalaro kami.. kaya naman sinisiguro ko sa inyong.. kahit wala na kami ay babalik at babalik kami dito para maglaro.. Ahh malaki kasi ang naging tulong sakin ng Basket ball kasi.. nakasama ko 'to sa pag-aaral ko.. Natuto ako ng time management at prioritization.. Sa pamamagitan rin ng basketball, nailalabas ko yung mga stress ko at napapagaan rin nito ng loob ko minsan.. that's why I'm also thankful to all of you.. for supporting our team.. And for always being there for our team.. Masasabi kong.. walang makakatalo sa mga cheerers ng BIS hahahahaha.. Kasi kayo talaga yung pinakamalalakas magcheer don----"

"We love youuuu, Deeeeiib!!!"

"I love you, Deib!"

"Mahal ka namin!!!"

"A-Ahh hahahaha.. S-Salamat salamat.. Mahal ko rin kayo.." sagot ko sa kanila.

"Kyaaaaaaa!"

"Mahal nya daw ako!"

"Gaga lahat daw tayo!"

"Waaaaaaaaaaaaaaaa!"

"A-Ahh hahahahahaha.. A-At syempre.. s-sa inpirasyon ko sa paglalaro-----"

"Kyaaaaaaaaaaaaa!"

"Waaaaaaaaa!"

"Ayaaaaaaaaann naaaaa!"

"Huhuhuhu napakasweet naman nyaaaaaaa!"

"Sana ako na lang ang inspirasyon nya huhuhuhu!"

"L-Lahat kayo actually.. naging inspiration sakin at sa team mates ko kaya salamat.. Hahahaha! Pero syempre.. hahahahahaha.. m-may mga inspirasyon tayo na nagiging dahilan natin para maging asintado yung tira hehehehehe.. A-Ahh.. hahahahahahaha.." napapalunok pa ako dahil sa kabang nararamdaman ko habang tinutukoy si Taguro! Pero dahil masaya ang dulot nung kakaibang feeling na yun sakin ay napapangiti ako kahit hindi ko maexplain yung gusto kong sabihin. **"..g-gusto kong pasalamatan *'sya'*.."**

"Kyaaaaaaaaaaaaaa!"

"Waaaaaaaaaaaaaa!"

"Nakakainggit!!!"

"Huhuhuhu nakakaselos!"

"I'm brokenhearted na!"

"I-I'm already happy with what I have in my life.. but you made me happier.. much more happier.. I just want to thank you for inspiring me.. and for making me feel perfect for having you in my life.." nakangiting sabi ko habang nakatingin ng deretso kay Taguro.

Bakas ang pagkagulat sa mukha ni Taguro pero unti-unti rin yung napalitan ng ngiti nung simulan syang biruin nung mga kaibigan nya.

"Yiiiieeee!"

"Aaaahhh angsweeet ni Deeeeib!"

"Huhuhuhuhuhu.."

"And thank you for breaking my heart again, Deib! Huwaaaaaaaa!"

"Nakakaloka naman ang speech na yan!"

"Nakakamatay ng powsu! Huhuhu!"

"Thank you so much everyone!" dagdag ko pa at saka tumango sa kanila!

"Woooohhhh!!!"

"BIS!!!"

P*A*L*A*K*P*A*K*A*N

~CLAP! CLAP! CLAP! CLAP!~

"Thank youuuu!!!!" sigaw naming buong team at saka sabay sabay na nagsipagbabaan ng Stage.

Agad naman akong lumapit kay Taguro na lampas pa sa tenga ang ngiti ko..

"Lakas magpakilig ah!" biro pa sakin ni Parrot! **"Congrats! MVP! Hahahaha!"**

"Hahahaha.. salamat, Parrot!" biro ko sa kanya at saka lumapit kay Taguro.

"Yiiiieeee..." panunukso pa nila.

"Oh.." kunwaring iniabot ko kay Taguro yung trophy ko.

"Tss.. ano yan?"

"Para sayo.."

"Bat sakin??"

"Kasi.. ikaw ang nagpanalo sakin.."

"Tss.. ako ba tumira para sayo?" nakangiting pang-aasar nya pero hindi ko magawang mapikon dahil hindi ko mapigilan ang mapangiti dahil sa sayang nararamdaman ko.

"May we now call on our Billiards players..??? And their Coach.."

Napatingin ang lahat kila Taguro at Parrot..

"Tss.. kayang kaya ko ring magkaron nyan.." mayabang na sabi pa ni Taguro na itinuro ang trophy ko. At saka kumindat at naglakad papunta sa stage!

Nakangiti naman akong pinanood sya papunta doon.

"Wooohh! Ako na naman!" natatawang sabi ni Coach na nagsalita sa mic. Tatangu-tango syang humarap sa apat na players nya at saka ngumiti! **"Hindi ko alam kung anong sasabihin ko dahil hindi ko mailabas yung saloobin ko kung gaano akong kaproud na kayo.. kayo.."** turo nya pa sa

mga players nya. **"..ang naging players ko.. Nagpapasalamat ako hindi lang sa BIS, kundi pati na rin sa inyo.. dahil ako ang naging Coach nyo.. napakagandang experience nito para sakin dahil kahit wala akong kaalam alam sa billiards.. natuto ako ng dahil sa inyo.. Salamat ng napakarami dahil hindi man ako nag-expect---hindi nyo pa rin ako binigo.. Kaya naman.. Salamat sa inyo.. at Congratulations!"** bati nya sa apat at saka nakipagkamay sa kanila.

Agad rin namang lumapit sila Lolo at Chairman sa kanila at nagspeech bago magbigay ng trophy.

"Oh.." mayabang ring iniabot sakin ni Taguro ang trophy nya.

"Binibigay mo ba sakin yan kasi ako rin ang nakapagpanalo sayo??" bulong ko sa kanya habang nakaakbay sa upuan nya.

"Tss.. ako ang nakapagpanalo sa sarili ko.. ikaw lang talaga ang motivation ko hehehehehe.."

"T-Talaga??"

"Tss.."

"Hahahahahaha.. angganda ng puhunan natin ah?"

Maya maya pa ay ibang players naman ng ibang sports ang tinatawag at binibigyan ng award sa stage.

Nung matapos ang program ay nagspeech lang saglit sila Lolo at Chairman at mabilis rin naman kaming pinauwi.. Nagpaalam naman ako kila Mommy and Daddy na nanood rin doon na aalis kami nila Taguro..

"Saan tayo??" tanong ni Tob kay Michiko.

"E-Ehh sila na lang ang tanongin mo.. hihihihihi.." sagot ni Michiko sa kanya.

"San tayo?! Ano?! Hahahahaha!!!" tanong samin ni Tob.

"Parang bet ko doon sa TB, teh.. hindi namin masyadong na-enjoy ang TB nung pumunta tayo don kasi gumawa ka ng sariling eksene mo e.." pang-aasar ni Migz kay Taguro na agad namang ngumiti sa kanya.

"Sige.. may restaurant naman yun e.." sagot ni Taguro sa kanya.

"Oh.. treat nyo kami ah?! Champion e!" biro pa ni BJ.

Sa kotse ko sumakay yung dalawang bakla.. Sa kotse naman ni Tob sumakay si Michiko. Si Lee ay solo sa sasakyan nya at ganon rin naman ako dahil sina Parrot at Taguro ay may dalang motor..

Nung marating namin ang TB bandang alas kwatro ng hapon ay sinalubong kaming agad nung mga tagapag-alaga ni Taguro na mga bakla.

MAX'S POV

The Barb.

"Oh my God, look who's here.." si Jep.

"My babies.. hahahahahaha!!!" si Barb. **"Come on.. hug me!!!"** sigaw nya pa na inilapat ang dalawang kamay nya sa ere.

"Tss.. gutom kami.." salubong ko pa sa kanya.

"Halika dito at yakapin mo ko! Namiss kita!" sigaw nya pa na niyakap ako. Nginitian ko naman sya. Lumapit rin agad sakin si Jep at yumakap. Gayun rin sila kay Naih.

Agad nila kaming inalalayan papasok sa Resto. Pinakilala namang muli ni Naih isa-isa silang lahat at saka naupo. Ako naman ay dumeretso sa line at gulat naman si Beka'ng makita ako.

"Aayyy!!! Dumating ang Reyna ng mga gangstah!! Baklang Boy! Nandito ang Maxpein!" sigaw nya pa sa kusina.

"Kumusta?" tanong ko pa sa kanya.

"Eto.. pawisang dukha pa rin ang mga bakla hahahah! Kumusta naman?! Nasa iisang bahay tayo pero hindi man lang tayo nagkikita!" sabi nya pa habang nagpupunas ng vase.

"Mmm.. kasi panggabi ka.. Sa umaga nasa bahay ka.. nasa school naman kami.."

"Alam ko! Malamang iskedyul ko yun! Baklang 'to! Hahahaha.." biro nya pa sakin. **"Oh.. ano bang inyo!?"**

"Sa----"

Hindi ko naituloy ang sasabihin ko nung biglang may lumapit mula sa likuran ko at umakbay!

Napatingala ako at nakita ko si Sensui'ng ngitingngiti habang nakatingin sa menu..

"Gutom na ako e... pwede na ba akong um-order Miss Beautiful??" nakangiting tanong nya pa kay Beka.

"Of course!" sigaw ni Beka. **"What do you want to order, Mr. Right-for-me? Hahahaha!"** biro pa ni Beka kay Sensui.

"Mmm.. what do you want to have?" tanong nya pa sakin.

"Kahit na ano.. yung mabubusog kaming lahat.." sabi ko na tumingin pa kay Beka.

"Parang hindi ka naman gutom, beks.." biro nya pa sakin. **"Aba! Kayo ang pumili.. malay ko kung anong gusto nyo.."**

"Wala akong mapili e.." sabi pa ni Sensui.

"Tingin ka dito kaliwa.." sabi ni Beka na itinuro ang left side nung menu.

"Mmm.. ayaw ko ng mga yan.." tanggi ni Sensui.

"Ayaw mo nyan?? Oh.. tingin ka dito sa kanan.." sabi pa ulit ni Beka na itinuro naman ang right side nung menu.

"Ayaw ko rin ng mga yan e.."

"Kung gayon.. ako ang iyong tignan.. baka sakaling iyong magus--tu--han.."

"H-Ha?? Hahahahahahaha!! S-Sige.. y-yung Set 4 na lang h-hehehehe.." pilit ang ngiting sabi ni Sensui sa kanya. **"D-Don na ako, babe.."** bulong pa nya sakin at saka bumalik sa mga kaibigan namin.

"Matatakutin yung jowa mo noh?"

Napalingon ako sa likuran at papalapit na sakin sina Barb, Jep at Naih. Muli silang yumakap sakin.

"Mmm.. Balita ko nag-Champion kayo.. Congrats!" si Jep.

"Siguro naman ngayon.. makakapagtrabaho na kayo ng ayos?? Aba! Kakaiba kayo ah! Aapply-apply kayo dito--ni hindi nyo mapanindigan! Hahahahaha!"

"Tss.. hindi ko naman kasi alam na mapapasubo ako sa sportsfest na 'to.." sagot ko.

"Pero naipanalo mo ano?? Tsk tsk.. Oh e kelan nga ang balik nyo dito bilang trabahadora ko!?" si Barb.

"Edi balik sa dating schedule.." sabat ni Naih.

"Wushuuuu.. o sige sige.. aasahan ko kayo sa byernes ah!"

"Oo! Hehehehe.."

"Oh.. jowa nyo na ba yung dalawang yun??" taas-kilay na tanong ni Barb at nginitian ko naman sya. **"Ayoooon... aba kamakailan lang nung nagkakakanta si Papa Randall dyan sa Stage ng bar ko tapos ngayon.. tsk tsk.. iba talaga ang ganda mo, Maxpein!"**

"Oh ikaw, Zarnaih??" banat naman ni Jep sa kanya.

"Hindi pa.. hahahahaha! Pero malapit ko na syang sagotin hahaha.."

"E ang tanong.. nililigawan ka naman ba?!"

"A-Ano ka ba! O-Oo naman noh!"

"Mmm.. mabuti na yung nakakasiguro't assuming ka pa naman.. hahahaha.."

"Hahahahahaha at nagtawanan kami.."

Nung maiserve ang in-order namin ay agad kaming lumapit sa mga kaibigan namin at sabay sabay na kaming kumain.. Marami na rin ang nagsidatingang customers unlike kanina na kami lang ang tao.. kaya naman naging abala na rin ang mga bakla sa trabaho..

"Di ba, Michiko.. may sinasabi ka samin noon kapag nag-Champion sila Tob???" biro ni Migz at gulat namang napatingin si Michiko sa kanya.

"H-Ha?? A-Ano yun??" si Michiko.

"Ayy?? Maang-maangan lang teh?! Hindi ba't may sinasabi ka samin noon??"

"Ano yun?" takang tanong ni Tob na ngumunguya pa. Napapangiting napatingin naman kami sa kanya kaya taka syang tumingin samin. **"H-Hoy.. a-ano yang binabalak nyo sakin ha??? Heheheheheheh!!"**

"Bakit hindi si Michiko ang tanongin mo?? Ng makuha mo ang matamis na sagot mo?? Hahahahahaha!!!" biro ni BJ.

"Hahahahahahaha!!!" nagtawanan kami kaya naman napangiti ng malaki si Tob at naiilang pang tumingin kay Michiko.

"M-Michiko oh.. inaasar na nila tayo.. Pwede mo bang sabihin sakin kung ano yun?? Heheheheheh.." si Tob.

"E-Ehhh ang daya daya nyo naman e! D-Dapat sikreto 'to e!" napapahiyang sabi naman ni Michiko.

"Hahahahahaha! Taray mo magsikreto teh ah! Nauna yung revelation!" si Migz.

"Bwahahahahahahahahahhahahaa!"

"Go na teh! Sabihin na sa Tob yan ng makaramdam naman ng pagka-MVP tulad ng Deib!!!" si BJ.

"E-Ehhh.. nakakainis kayo.. nahihiya nako eeehhh..." si Michiko.

"Ayy.. ngayon ka pa nahiya gaga! Hahaha! Go na!!" si Migz

"Ano ba yun, Michiko? Heheheheh.. Sabihin mo na sakin please??" si Tob.

"E-Eh kasi..." nahihiyang sabi pa ni Michiko na animong kinikiliti sa pagkakatagilid. **"A-Ano kasi e..."**

"A-Ano nga yun???" ngiting ngiting tanong ni Tob na inilalapit pa ang mukha sa kanya.

"S-Sabi ko kasi s-sa kanila.. s-sasagotin na kita kapag nag-Champion kayo e.." napapapikit na sabi ni Michiko at naglitawan naman ang nagkikintabang mga ngipin ni Tob sa sobrang pagkakangiti sa sinabing yun ni Michiko.

"Talaga??" malambing na tanong pa ni Tob kay Michiko na idinilat ang isang mata.

"O-Oo..."

"Edi girlfriend na kita??"

"O-Oo.."

"Yeeeeeeeeeessss!!!!" malakas na sigaw ni Tob dahilan para lingunin kami nung ibang customers na nandoon kasama na rin ang mga baklang nakangiting pinagmasdan pa kami!

Napatayo si Tob at hinila si Michiko papayakap sa kanya!

"I love you, Michiko..." malambing na sabi ni Tob sa kanya habang ngiting ngiting nakayakap sa kanya.

"I love you too, Tob.. eeeeehhh yiiiieee.."

"Yeheeeeeeeeeeeyyyy!!!!" sigaw ni Naih na nagpapapalakpak sa tuwa.

"Uyyyy.. ang Zarnaih nagpaparinig!!!" pang-aasar ni Migz sa kanya.

"Hahahahahahahahah!!!" malakas na tawa namin sa masamang tinging iginanti ni Naih sa kanya.

"Tse!"

"Hahahahahahah.. kunyari ka pa.. If I know.. yung padikit dikit mong ganyan sa Lee ay pahiwatig na! E hindi naramdaman?? Kaya more tayo and sigaw ng yehey ka para mas mapansin! Soooooss.. yung mga ganyan style, teh.. knows na knows ko yan!" si Migz.

"Hahahhahahahahahahaha!!" malakas na tawanan ulit namin.

"I love you, Michiko.." pag-uulit ni Tob.

"I love you too, Tob.. yiiieee!"

"Hahahahhahaha! Grabe.. tsk.. Sagot ko na 'to!!!" masayang biro pa ni Tob na muling iniupo si Michiko kasabay nya at nagsimula muling kumain.

"Congrats dre!" nakangiting bati ni Lee kay Tob.

"Congrats, dre.." nakangiti ring bati ni Sensui kay Tob.

"Hahahahah pucha.. walang panama yung mga trophy nyo hahahahahaha!! Iba 'tong pagkapanalo ko dito! Wooohh ang sarap ng feeling hahahahahaha!!!" sigaw pa ni Tob at saka muling tumingin kay Michiko. **"S-Salamat.. salamat kasi.. minahal mo muna ako bago mo ako sagotin.. salamat.."**

"Yiiiieee ang sweet mo talaga.." nakangiting sabi pa ni Michiko na kunwaring tinapik pa sa balikat si Tob.

"Simula nung makilala kita, Michiko.. don ko narealized na.. hindi kailangang maging perpekto ng isang tao para malaman mong sya ang kailangan mo.."

"Yiiiiieeeeee... I love you..."

"I love you, too baby.."

At muling nagyakap sila..

Mula sa gilid ng mga mata ko ay kitang kita ko ang nakapangalumbaba at parang batang tuwang tuwa sa pinapanood si Sensui..

Bading talaga..

Ngiting ngiti rin sya habang pinapanood sina Michiko at Tob na akala mo ay hinihiling na sana ay ganon rin sya..

Sumandal naman ako sa upuan ko at..

Napatingin ako sa ilalim ng mesa nung biglang hawakan nya ang kamay ko..

Dahan dahan akong napatingin sa kanya at nagtama ang paningin namin..

"Oh kayo dyan?? Kelan ba kayo aamin, ha?!" biglang biro samin ni BJ kaya naman sabay kami ni Sensui na napalingon sa kanila.

"Hahahahahahahha!"

"A-Ahh hahahahaha.." biglang sabi ni Deib na pinipisil pisil ang kamay ko sa ilalim ng mesa.

Nililingon lingon nya pa ako na animong hinihintay na ako ang sumagot..

"Kayo na ba?!" si Migz.

"Uyyyyyy!!!!!" pang-aasar ni Michiko.

"Hoy teh! Magsabi ka! Kayo na noh!?" si BJ.

Sina Lee, Naih at Tob naman ay nakangiting nag-aabang lang ng isasagot namin.

Tumingin pa muna ako kay Sensui at hindi na maipinta ang mukha nya sa sobrang pagkakangiti..

Mukha pa naman syang clown kapag sumusobra ang ngiti nya..

"Hoy, Maxpein Zin del Valle! Umamin ka na!" sigaw pa ni Migz.

"Oo.."

"Kyaaaaaaaaaa!" si Michiko.

"Waaaaaaaaaa!" si BJ.

"OMG!!!!!!!!" si Migz.

"Hahahahaha.." tawa nila Lee, Tob at Naih.

"Nakakaloka! Hindi nga?!" si Migz.

"Tss.. tatanong tanong ka e.. tapos hindi ka maniniwala?"

"Bakla ka! Hindi ko naman kasi ineexpect na sasagotin mo nga hahahaha! Echuserang 'to! Kaya pala ganon na lang maka-speech si Deib kanina! Alam mo bang noon e, thank you lang speech nyan!? Jusko.. kanina e nalusaw na sa init yung trophy nung ibang players e nagsasalita pa rin sya! My Gooood! I'm so happy for you bakla!!!" sabi pa ni Migz na tumayo at yumakap sakin. **"I'm so happy for you, Deib.. I'm happy for both of you.."**

"Hehehehe.. salamat.." sabi ni Sensui na inilabas mula sa ilalim ng mesa ang mga kamay naming magkahawak pa!

At saka nya inilapit yun sa kanya at hinalikan ang kamay ko!

"Yiiiieee ang sweet.." si Michiko. **"Bagay kayo..."**

"Oh.. sila Lee at Naih na lang!" pang-aasar na naman ni Tob.

"H-Hoy.. wag.. a-ano ka ba.." suway ni Naih sa kanya.

"Ayyy hahahaha! Makaarte ka teh akala mo naman pinipilit ka na! Hahahahahahaha!" si Migz.

"Tse!"

"Hahahahahahaha.."

"Zarnaih.." nakangiting tawag ni Lee sa kanya.

Agad naman nagkandalunok lunok si Naih bago makatingin sa kanya!

"A-Ano y-yun??" uutal utal pang tanong ni Naih kay Lee.

"Uyyyy.. umaasa!! Hahahahahaha!!!" pang-aasar ni BJ kay Naih.

"Hahahahahahhahahahahaha!!!"

Nakangiting nakatitig lang si Lee kay Naih.

"Naiinggit ako sa kanila.." nakangiting sabi pa ni Lee.

"Kyaaaaaaaaaa!!!" tili naman nila Michiko, BJ at Migz.

"H-Ha??" si Naih.

"I said.. naiinggit ako sa kanila.." ulit ni Lee.

"A-Anong gusto mong g-gawin ko??"

"Make me happy.." nakangitin pa ring sagot ni Lee. Lahat naman kami ay nakangiti ring nanood lang sa kanila at hindi gumawa ng alinman ingay.

"H-Ha??"

"I said.. make me happy.."

"P-Pano??"

"Be mine.."

"H-Ha??"

"I'm tired of repeating my lines, Zarnaih.." napapabuntong-hininga pa kunwaring sabi ni Lee munit bigla ring ngingiti.

"E-Eh kasi.."

"I'm waiting.. Zarnaih.."

"P-Pero.. P-Pano ba kasi?!"

"Huh??"

"H-How can I make you h-happy??"

"I'm in charge of how I feel.. so I'm choosing happiness.. You're my happiness.. so please be mine.. Then I'll be happy.." sabi ni Lee at gulat namang napatining si Naih sa kanya.

"H-Ha???"

"Tsh! Do I really have to translate it in Tagalog now??"

"N-No.. No! Hahahahahahaha! Y-Yes! Yes! Yes!"

"Yes.. what?"

"I-I'll be yours.. H-Hehe!"

Napapikit ako sa mga nakikita at naririnig ko..

Hindi ko malaman kung matatawa o mababaduyan ba ako sa mga naririnig ko..

Hindi ako mahilig makinig sa love story ng iba..

Dahil naman ako kiliging tulad nila..

Tumingin ako kay Sensui na parang babae pa ring kinikilig para sa kanila.. Matagal pa syang nakangiting pinapanood sila bago tuluyang tumingin sakin at muling kuminang ang mga mata nya..

Napangiti rin ako habang namamangha sa bawat anggulo ng gwapo'ng mukha nya..

"*I LOVE YOU*..."

Iniusal nya ang mga salitang yung ng walang boses!

Pero basang basa ko mula sa labi nya!

Parang huminto ang paghinga ko!

OceanofPDF.com

CHAPTER 126

DEIB'S POV

KINABUKASAN

Napapakamot ng ulong kinuha ko ang cellphone kong nakapatong sa side table at walang tingin tinging sinagot ko yun..

"Hello!" inis na sagot ko.

"Tss.."

Napabalikwas ako sa pagkakatayo nung marinig ko ang pamilyar na ekspresyong yun!

Agad kong tiningnan ang screen ng cellphone ko at... SI TAGURO NGA!

"B-Babe..." naiusal ko pa.

"Kagigising mo lang!?" parang inis pang tanong nya.

"O-Oo.."

"Tss.. wala ka bang klase?!"

Gulat akong napatingin sa wall clock ko!

7:45am! Amp!

Agad akong napabangon!

"S-Sige sige maliligo na ako.. I love you.." sabi ko sabay baba non..

Napalingon pa ako sa cellphone ko pero hindi ko na rin masyadong pinansin dahil mas late pa ako sa late!

Dali dali akong kumilos at naligo ng maayos at nung matapos, agad akong bumaba at hinanap ang mga tao..

"M-Manang?!" tawag ko pa na pumasok sa kusina at nakita si Manang na naghuhugas ng mga pinggan. Nilingon nya naman ako. **"M-Manang, bakit hindi nyo po ko ginising??"** pigil ang inis na tanong ko.

"Aba eh.. nagpagising ka ba?? Wala ka namang nabanggit kagabing magpapagising ka ngayon?? Oh teka.." gulat syang napatingin sa kabuuan ko. **"Aba eh, may klase ka ba?!"**

"T-Tsk.. late na ako, Manang.. Hindi na ako kakain.. dadalin ko na lang 'to.." sabi ko at saka kinuha ang tatlong Cinnamon Rolls na nandoon at saka mabilis na tumakbo papalabas. Gulat naman sila Mom and Dad na makita akong nagmamadaling lumabas.

"D-Deib, anak?? Hindi ko alam na may pasok ka pala??" tawag sakin ni Mommy na napatayo pa para lingunin ako habang pababa sa parking ng bahay.

"Yes, Mom! I'll see you later! I love you!" sigaw ko at saka mabilis na pumasok sa kotse ko!

"Drive safely, son!" sigaw pa ni Dad!

"I love you too Dad!" sigaw ko naman.

Badtrip naman oh!

Nagmadali akong magdrive at nung marating ko ang school at nagmadali rin ako papasok!

Wala akong makitang students na pakalat kalat dahil paniguradong nagsisimula na ang klase!

Demmit! It's Wednesday! Si Miss Agaser ang Lec!

Nagmadali akong umakyat at....

TING!*TING!*TING!

Nasan ang mga tao?!

WALANG TAO sa loob ng room namin!

Bio Lab!

Mabilis akong bumaba papunta sa Bio Lab at bago pa man tuluyang makarating doon ay dinig na dinig ko na ang boses ni Miss Agaser!

Yari na!

Wala akong choice kung hindi ang lumapit at dahan dahang pumasok..

"AHA!!!! Mis-ter En-ri-le!!!!!!!"

"M-M-Miss.." napapahiyang sagot ko na kalahati pa lang ng pintong yun ang nabubuksan!

"Hahahahhah!!!" malakas na tawanan nung mga classmates namin!

Tsk..

Tuluyan akong pumasok sa loob at tumayo sa harap ng pinto!

"What do you think you're doing?!" galit pang tanong ni Miss.

"S-Sorry, Miss.. I'm l-late.." napapahiyang sabi ko.

"Go to your seat!" sigaw nya at napatango naman ako!

"T-Thank you, Miss!"

"Hahahah! Bakit late ka??" natatawang bulong sakin ni Tob.

"Nawala sa isip kong may pasok e.. hahaha.. Hindi pa ako nakakarecover.."

"Hahaha.. loko.."

"Kanina pa kayo dito??"

"Hindi naman.. kapapasok pasok lang rin.."

"Pucha, nagmadali ako e.. hindi ko tuloy masyadong naayos yung buhok ko.."

"Ayos na yan, hindi mo na kailangang magpagwapo ng todo dre, hahahaha!"

"Tch.. mukhang maganda rin ang gising mo ah???" pang-aasar ko sa kanya!

"Malamang hahaha! Pero mas matindi ang bestfriend natin hahaha.. tignan mo.." napatingin naman ako kay Lee.

Mukhang tangang nakangiti at nagtetext!

"Bwa-bwahahahahhahahahaha! Hoy! Anong iningingiti ngiti mo dya-----"

"Mister Enrile!!!!!!!!"

Napayuko ako sa hiya!

"S-Sorry M-Miss.."

Nawala sa isip kong nasa classroom nga pala kami!

Badtrip!

"Stand up!"

"M-Miss??"

"Stand up!"

Napatinign pa ako kay Tob at Lee na lihim na pinagtatawanan ako at saka ako dahan dahang napatayo habang bahagyang nakayuko!

"M-Miss?"

"Define Mitosis!"

Mitosis?? WTF??

"Mister Enrile!?"

"M-Miss..."

"I said, define Mitosis!"

"I d-don't know, Miss.." napapahiyang sagot ko.

"How about Meiosis??"

Mei---WTF???

"I d-don't know, Miss.." napapahiyang sagot ko ulit.

"Ayan! Dyan ka magaling! Ang pumasok ng late at magdamag makipagdaldalan dyan sa mga barkada mo!"

"S-Sorry, Miss.."

"Sit down!"

"T-Thank you, Miss.."

"MVP ka nga sa court pero pagdating sa klase bangko ka!"

Dinig na dinig ko pa ang mahihinang bungisngisan ng mga kaklase ko kaya naman nakangusong sinamaan ko ng tingin sina Lee at Tob na ngingisi ngising pinandilatan ako ng mga mata! Inambaan ko naman sila ng ganti at saka payukong tumingin kay Miss!

"Okay class.. this is Mitosis.." sabi ni Miss na itinuro ang nakaflash sa DLP. **"It is the process by which a cell, which has previously replicated each of its chromosomes, separates the chromosomes in its cell nucleus into two identical sets of chromosomes, each set in its own new nucleus.."** inilipat nya ang DLP at saka may nagflash na panibago.. **"And now, this is Meiosis.. Meiosis is a special type of cell division necessary for sexual reproduction in eukaryotes, okay?? The cells produced by meiosis are gametes or spores. In many organisms, including all animals and land plants, but not some other groups such as fungi, class.. Gametes are called sperm and egg cells.."** at saka inilipat ang DLP at may pinakitang drawing. **"Now.. I want you to draw this.. You will draw how Mitosis and Meiosis divides the chromosomes in a cell nucleus, including their parts.."** dagdag pa ni MIss at saka naupo sa table nya. **"Be quiet!!"**

Badtrip naman oh!

Inis akong napatayo at nagtaas ng kamay!

"M-Miss.." sabi ko pa habang nakataas ang isang kamay ko!

"What now, Mister Enrile?!"

"I n-need to go to my locker, Miss.."

"What?!"

"I forgot to bring my m-materials.." napapahiyang dagdag ko pa.

"Faster!" sigaw nya pa at tumango naman ako agad!

"Yes, Miss!" sabi ko pa at saka mabilis na tumakbo papalabas!

Dumeretso agad ako sa locker ko at binuksan yun..

Dali dali kong hinanap yung mga gamit ko at saka isinara ulit yun..

At habang naglalakad ako papabalik..

"Tsk tsk tsk.."

"B-Babe.." naiusal ko pa.

"Mitosis lang hindi mo pa alam? Tsk tsk tsk.."

Pano nya nalaman yun!?! Nandon ba sya?!

Inis akong napatingin sa kanya at saka ngumuso!

"P-Pano mo nalaman yun ha?!" inis na tanong ko.

"Dumaan ako sa room nyo.."

"H-Ha??"

"Dumaan ako sa room nyo.."

"Bakit??" mapanuksong tanong ko. Hindi nya naman ako sinagot agad at nagkrus sya ng kamay at saka sumandal sa lockers. **"Gusto mo kong makita noh??"** nanunuksong tanong ko pa.

"Mmm.. gusto kong malaman kung nag-aaral kang mabuti.. kaso mukhang hindi.."

"T-Tch! A-Anong hindi!? H-Hindi ko lang talaga alam yung tinanong ni Miss kasi k-kakaresume lang ng klase.. h-hindi pa ako nakakarecover sa interhigh hehehehe.. dagdag mo pa yung.. s-satin hehehehehehehe.."

"Tss.. bumalik ka na don.."

"I-Ikaw?? Bakit wala ka sa klase mo!? Nagkacutting ka ah!"

"Cutting mo mukha mo.." seryoso munit nakangusong sagot nya.

"Tch! Nag-cutting ka---para makita ako?! Hahahahaha! Grabe... hahahaha!"

"Asa.."

"Oh e bakit nga nandito ka?!"

"Kasi tapos na akong magquiz.."

"A-Anong quiz?!"

"May quiz kami e.. masyadong madali kaya naman natapos ako agad.."

"A-Ang yabang mo talaga.."

"Hala sya.. natapos lang agad---mayabang na?! Hanep!"

"E bakit sinabi mo pang *'masyadong madali'*??? Kayabangan mo talaga!"

"Tss.. hindi ba't mas kakuwestyon kwestyon kung mahirap yung exam pero natapos ko agad?! Engot.. Sige na.. bumalik ka na.. Oh baka naman gusto mong samahan pa kita?!" mayabang na tanong nya pa at napangiti naman ako.

"Gusto mong sumama??" nakangising tanong ko pa.

"Hindi na.. baka pagalitan pako ni Agaser.."

"Tch! Hindi yun! Mabait yun! Sama ka na.. turuan mo ko.. Mitosis *'lang'* di ba?? Mitosis *'lang'*.." nakangusong pang-aasar ko pa sa kanya.

"Sige.. tara.."

Sasama talaga sya?!

"E-Eh pano kung paalisin ka ni Miss?!" kabadong tanong ko pa.

"Edi umalis.." nakangising sabi nya at saka ipinasok ang magkabilang kamay at naglakad papalayo!

Dali dali naman akong sumunod sa kanya.

"Tuturuan mo ko??" nakangiting bulong ko pa sa kanya matapos kong tumabi sa kanya.

"Kung gusto mo bang matuto e.."

"Gustong gusto ko.. basta ikaw ang Lecturer ko.." nakangising sagot ko at ngumiti rin sya.

"Huhuhuhuhu kailangan na talaga nating magluksa.."

"Huhuhuhuhu oo nga.."

"Sila na ngang talaga.."

"This can't be buhuhuhuhu.."

"This is not good.."

"They look cute.."

"Huhuhuhu.."

"Naiinggit ako.."

Hindi ko maiwasang hindi mapangisi at mapasulyap kay Taguro dahil sa mga bulungang ng ibang students na nakakita saming magkasama habang naglalakad kami pabalik sa Bio Lab.

Pagdating sa Bio Lab ay bahagya pa akong kumatok kaya naman lumingon samin ang iba naming classmates at si Miss Agaser.

"Oooohhh.."

"What is she doing here?"

"Why are they together?"

"Hindi mo ba alam ang mga issues??"

Bulungan pa nung mga classmates namin pero nanatiling nakay Miss ang paningin ko habang nakangiti pa sya sakin.

"M-Miss.. t-tuturuan daw po ako ni Taguro.." nakangising sabi ko pa.

"What?!" takang tanong pa ni Miss na tumayo at tumingin kay Taguro. **"Mmm.. Miss del Valle?"**

"Good morning, Miss.." pormal na bati sa kanya ni Taguro na tumango pa. **"Pwedeng maki-sit-in??"** pormal na tanong pa nya at natulala naman si Miss sa kanya.

Napatingin ako kay Taguro at blangko lang ang mukha nyang nakatingin kay Miss at si Miss naman ay parang hindi makapaniwalang nakatingin sa kanya.

"Okay lang rin kung hindi.." dagdag pa ni Taguro..

"N-No.. its okay.. B-Basta titingnan mo lang ang gagawin ni Mr. Enrile.."

"Thank you.." sagot ni Taguro at saka naunang pumasok! Nilingon nya pa ako. **"Saan ba ang upuan mo?"**

"H-Ha?? D-Dito.. dito.." sabi ko pa na ibinigay sa kanya ang upuan ko at saka pumunta sa dulo ng Lab at kumuha ng panibago.

"Nice, Max.." bulong pa ni Tob at nginitian naman sya ni Taguro na tumingin naman kay Lee.

"Psst.." tawag ni Taguro kay Lee. Nakangiting tumingin naman si Lee sa kanya.

"What's up?" si Lee.

"Pinagalitan si Naih kanina katetext mo.. tsk tsk.."

"H-Ha??" gulat na tanong ni Lee pero nginitian na lang sya ni Taguro at saka tumingin sakin.

"What is Mitosis?" bulong sakin ni Taguro.

"W-Wag mo naman akong tanongin ng g-ganyan.." bulong ko pa!

"Sinabi na't lahat kanina hindi mo pa rin naintindihan!? Tsk.." singhal nya at saka tumingin doon sa screen sa harap.

Napatingin rin ako doon..

"Ganito kasi yan.. Ang Mitosis ay nagproproduce o gumagawa ng diploid cells habang ang Meiosis naman ay gumagawa ng haploid sex cells.. Para madalian ka, kapag sinabing *'Mitosis'*.. dalawang anak ang kayang ibigay sayo nyan.. Kapag sinabi namang *'Meiosis'*.. apat na anak ang kayang ibigay sayo nyan.."

"Si Maxpein ang gusto kong maging Nanay ng mga anak ko at hindi yang mga pesteng Mito-Mitosis at Meiosis na yan!" mahinang sigaw ko pa sa kanya at nagsalubong naman ang mga kilay nya sakin!

"S-Sige makikinig nako.." napapahiyang sabi ko pa.

"Basta ilagay mo lang sa isip mo, para hindi mo makalimutan, ang main purpose ng Mitosis ay magproduce ng exact replica ng cell.."

"Parang clone??" tanong ko pa.

"Mmm.. ganon nga.." sagot nya pa. **"That's why in Mitosis, you'll start in one cell and then end up with two cells that has identical contents.."**

"May mga phases yan.. Para mas madali mong maintindihan ang phases ng Mitosis.. ipapaliwanag ko sayo bawat phase.." sabi nya pa

habang nakatingin sa screen. Kumuha sya ng ballpen at isang sheet ng papel at saka nagsimulang magdrawing. **"Yung unang phase ay Interphase kung tawagin.. sa phase na 'to, yung tinatawag na chromosomes ay nagiging condensed tapos nagduduplicate.."**

Hindi ko mapigilan ang sarili kong mamangha habang pinagmamasdan ko syang magsalita..

Pormal na pormal ang pananalita nya at wala man lang bahid ng kaartehan sa bawat letrang inuusal nya..

Bawat sinasabi nya ay pilit kong iniintindi ng may pagmamahal!

Bwahhahaha!!! Napakaswerte ko talaga..

Nung magawa nyang ipaliwanag lahat ay saka sya tumayo at ngumiti sakin.

"Ikaw na bahala dyan.. babalik na ako sa klase ko, baka tapos na sila.." blangko ang mukhang sabi pa sakin ni Taguro. Tumayo naman ako at ngumiti sa kanya.

"Salamat, Ma'am Taguro! Hehehehehe.." mahinang sabi ko pa. **"Hindi na kita ihahatid ah??"**

"Mmm.."

"Sabay tayong maglunch.."

"Sige.."

"Salamat.."

"Basta ikaw.." sabi nya pa at saka naglakad papunta sa may pinto at malakas na kinatok yun!

"Thanks, Miss!" malakas na sabi nya pa at saka itinaas ang kamay nya at walang lingunang nagtuloy papalabas!

Abnormal talaga!

"Hahahaha ang astig nya talaga.." si Lee.

"Tch.." singhal ko pa sa kanya at napapayuko dahil sumasama na naman ang itsura ni Miss!

Nakangiting ipinagpatuloy ko na lang ang ginagawa ko..

MAX'S POV

"Oh.. san ka galing??" salubong sakin ni Naih pagbalik ko ng room.

"Don lang.. Mmm.. tapos ka na?"

"Oo.."

"Ang tagal mo naman??"

"Naiinis ako dun sa mga polynomials na yun!"

At saka kami pumasok sa loob ng classroom at nagsimula namang magklase yung sumunod na Lec.

DISCUSS.

DISCUSS.

DISCUSS.

LUNCH BREAK.

~RING!~

Dali dali kaming bumaba papunta sa locker at isinauli ang iba sa mga gamit namin.

"Excited ka na bang mameet ulit si Mr. Ciufan, Max??" natatawang tanong sakin ni Migz.

"Hahahaha namiss nyo ba sya??" si BJ.

"Tss.. Gano karami na naman kaya ang items ng quiz nya??" sarkastikong sabi ko at saka isinara ang locker ko at pumihit papunta sa Canteen..

Pero bago pa man kami tuluyang makalampas sa hallway na yun ay nakahinto na sa harap namin sila Aimee at Abby.

"Uh-oh.." si Naih.

Hindi ko naman sila pinansin at nagderederetso ako sa paglalakad. Sumunod naman sila Naih, Michiko, Migz at BJ sakin..

Munit bago ko pa man tuluyang malampasan sila Aimee at Abby ay hinawakan na nila ako sa braso..

At saka lumabas sa harapan ko si Choco..

Gulat akong napatingin sa mukha nya!

"Aww..." bulong pa ni Naih na mukhang nagulat rin sa mukha ni Choco!

Halos hindi nya na maimulat ang isang mata nya at putok na putok ang nguso nya! Ang ilong nya ay namumula rin at tadtad ng band aid ang mukha nya!

"Anong nangyari dyan?" dinig kong bulong pa nung babae mula sa gilid.

Naalala ko yung sinabi ni Randall kahapon..

Napailing ako at iniiwas ang paningin ko kay Choco..

At saka ko inis na hinila ang magkabilang braso ko kila Aimee at Abby.

"Bitiwan nyo ko.." mahinang sabi ko pa sa kanila at saka muling tumingin kay Choco. **"Magsalita ka na.. bilisan mo.. Nagugutom nako.."** sabi ko pa kay Choco at ngumisi naman sya!

"Ha!" mayabang na singhal nya pa! Bakas ang hirap nyang ibuka ang labi nya dahil sa mga sugat nito. **"A-Ang tigas rin naman talaga ng mukha, ano?!"**

"Ilang beses mo bang sasabihin saking matigas ang mukha ko, Choco?" tanong ko pa sa kanya.

"Gago ka pala e! Nakikita mo ba 'tong mukha ko!"

Malamang...

"Alam mo ba kung sinong gumawa nito!?" sigaw nya pa sakin at tumingin naman ako ng deretso sa kanya. **"Ha.. Matibay ka talaga.. Hindi ka marunong matakot kahit pa anong gawin ko sayo!? Akala mo uurungan kita kahit na kalahating Moon ka pa?!"** huminga sya ng malalim at saka tumingin sakin. **"Ikaw.. at kayo.."** turo nya kila Naih, Michiko, Migz at BJ. **"Tandaan nyo 'tong mukhang 'to.. dahil kapag ganitong ganito.. ang mangyayari dyan sa mga pagmumukha nyo!"**

"Oh my God.." dinig ko pang bulong ni Michiko.

"M-Mr. Funtales! Ano ba ang s-sinasabi mo!?" bakas ang pagpapalakas ng loob na tanong ni Migz.

"Sinabi ko bang sumabat ka, Agripa?! Presidente ka lang ng Council pero hindi mo pa rin ako kaya!" sigaw ni Choco sa kanya at natahimik naman si Migz.

Alam kong natatakot rin sila..

Kaya naman tumingin na lang ulit ako kay Choco at saka bahagyang ngumisi pa..

"Hanggang banta ka na lang ba talaga??" matalas ang mga tinging tanong ko pa sa kanya at kitang kita ko pa ang biglang pagsalubong ng mga mata nya. **"Isang bagay lang ang sasabihin ko sayo Choco.. wag na wag mong idadamay ang mga taong malalapit sakin.. dahil lahat ng sinabi ko sayo noon.. kaya kong gawing totoo.."**

"Wag kang masyadong mayabang, Maxpein.. dahil nasisiguro kong may kahinaan ka rin naman.." mayabang ring sagot nya. **"Hindi ako natatakot sayo.. ako ang mas dapat mong katakutan dahil sa grupo mo, nag-iisa kang malakas.. sa grupo ko, lahat kami malakas.."**

"Magdahan dahan ka sa pananalita mo, Choco.. Dahil baka isipin ng mga nakakarinig sayo.. may lumalabas na apoy dyan sa kamay mo.." kunwaring biro ko pa.

"Oh... ang tanga naman nila kung ganon?? Pwede ba namang mapasok si Taguro sa Flame of Recca??" makahulugang biro nya pa.

"Hintayin mo na lang ang mga mangyayari sa susunod.. sa ngayon, hayaan mo na lang na ipakita ko sayo ang mukha ko.. at sabihin sayong.. *'mag-iingat kayo'..*" usal nya at saka naglakad papalampas sakin..

Munit bago pa man sya tuluyang makalampas ay pinigilan ko sya sa braso.

"Kapag may ginalaw ka sa isa sa mga taong malapit sakin.. Gagawin kong mannequin ang girlfriend mo.." mahinang usal ko at saka sinenyasan sila Naih at naglakad na kami papunta sa Canteen.

"Oh my God.. nakita mo ba yung mukha ni Choco?"

"Bugbog sarado!"

"Bakit sya nagkaganon!?"

"Ayaw nyang ipasabi kung sinong gumawa nun sa kanya!"

"Pano nangyari yon?!"

"Nakakatakot naman.."

"Mmm.. narinig mo ba yung sinabi nya kay Taguro!?"

"Paniguradong gulo na naman 'to.."

"M-Max.." tawag sakin ni Migz at napahinto naman ako sa paglalakad at nilingon sya. **"N-Natatakot ako.."**

"Saan?" pormal na tanong ko.

"B-Baka kung anong gawin satin ni Choco paglabas natin ng school.."

"Magsumbong na kaya tayo kila Dean??" si BJ.

"Mmm.. wag kayong mag-alala.. Makakarating 'to sa kanila.." sabi ko pa para mabawasan ang kaba nila.

"Nakakatakot naman kasi syang magsalita.. at saka yung mukha nya.. A-Ano kayang nangyari don??" si Michiko.

"Mukhang nabugbog sya.. m-may kinalaman ka ba dito, Max??" si Naih.

"Wala.." sagot ko pa.

"E bakit ikaw ang mukhang reresbakan??"

Napabuntong-hininga ako at hindi ko na sya sinagot..

Nagtuloy na kami papasok sa Canteen kung san agad naman naming nakita yung tatlo kaya naman lumapit na kami sa kanila..

"Wow, may foods na agad??" si Michiko habang nakatingin sa table.

"Mmm.. treat naman ni Lee hahahahaha!" si Tob. **"Dito ka sa tabi ko.."** sabi nyapa at tumabi naman si Michiko sa kanya.

Mabilis akong naupo sa tabi ni Sensui at pinanood si Naih na magpasweet habang papaupo sa tabi ni Lee.

"Jayzel! Have you heard of the issues??"

"What!?"

"Sinagot na daw ni Michiko si Tob!"

"Oh my God.."

"For real??"

"Mmm.. kahapon daw!"

"Talaga!? Ang swerte naman nila sa isa't isa.."

"And look at Parrot.. dikit ng dikit kay Lee!"

Napatingin naman ako kay Lee.. Napangiti sya sa narinig nya at saka dahan dahang iniunat ang kamay nya at iniakbay kay Naih..

"Oh my Gooooooddd!!!!"

"Look!!!!"

"I can't believe this!"

Nakakatuwa'ng pagmasdang mukha silang tangang iniinggit yung mga babae'ng nakatingin sa kanila..

"Sana man lang, ganon rin tayo kasweet.." nakangusong bulong pa sakin ni Sensui.

"Mmm.. sweet ba sila??" kunwaring tanong ko.

"Hindi ba?"

"Para sakin.. hindi.." blangko ang emosyong sabi ko pa sa kanya at ngumuso naman sya!

"Tch! Kaya nga hindi ka man lang naging sweet sakin.." nakangusong sabi nya pa.

"Anong gusto mo?? Akbayan rin kita? Kalokohan.."

"S-Sira talaga ulo mo!" nakangusong sabi nya pa.

"Tss.. ano bang sweet sayo?? Yung tatawagin kitang prinsipe at ako ang prinsesa mo?! Yung magdamag kong hawak hawakan yang kamay mo?? Yung yakap yakapin kita sa harap ng maraming tao? Tsk.. Magbabasa na lang ako ng libro kesa ikaw ang atupagin ko.. dahil kahit hindi ko naman gawin lahat yan, hindi mawawala ang nararamdaman ko sayo.."

Natulala sya sakin.

"Di ba?? Kahit na hindi kita kausapin maghapon.. may gusto pa rin ako sayo.. Kaya wag kang mag-inarte dyan at kumain ka na.." sabi ko pa at hindi na sya pinansin.

Ngingisi ngisi naman syang kumain na lang rin.

At nagsimula kaming kumain.. Nang biglang..

~BLAG!~

"Ano ba! Hindi ka ba tumitingin sa dinadaanan mo!?"

Agad naman akong nilingon yun..

Si Kim..

Napaupo sya sa sahig at nagkalat ang pagkain sa tabi nya..

"OMG.. sya na naman??" bulong pa ni Michiko.

Nanood lang ang lahat at wala man lang tumulong sa kanya.

"Look! Tignan mo kung anong ginawa mo sa damit ko!" sigaw ni Aimee sa kanya at pilit namang tumayo si Kim at pinunasan ang uniform nya.

"I'm sorry Aim---"

"Don't touch me!"

~PLAK!~

Tinulak ni Aimee si Kim dahilan para muli syang matumba sa nagkalat na pagkain sa sahig!

Mabilis naman akong tumayo at lumapit sa kanya at tinulungan syang tumayo..

"Peesh! It's soooo sweet of you, Maxpein! Tutulungan mo pa si Kim, matapos mo'ng agawin sa kanya si Deib!?" sigaw pa sakin ni Aimee at saka inis na tumingin kay Kim! **"Hoy, Nerd! Sa susunod.. tumingin ka kasi sa dinadaanan mo! Tignan mo ngayon 'tong uniform ko!"** sigaw nya pa.

Huminga naman ako ng malalim at saka tinalikuran sila..

"Thank you.." dinig ko pang usal ni Kim kaya naman nilingon sya. Bakas ang inis sa mukha nya at halatang napipilitan lang sya sa sinabi nya munit bakas rin ang habag nya para sa sarili kaya naman dinukot ko ang panyo ko sa bulsa at inabot yun sa kanya.

"Punasan mo ang sarili mo.." mahinang bulong ko pa at saka umastang lalakad pabalik pero..

"Don't you dare turn your back on me when I'm talking!" sigaw ni Aimee na hinila si Kim!

Nahagip pa ng mga mata ko si Lee na mabilis na tumayo at lumapit samin!

Muli naman akong humarap kila Aimee habang hawak hawak sa uniform si Kim.

"Ano ba! Bitiwan mo sya!" sigaw ni Lee at binitiwan naman ni Aimee si Kim.

"Oh my.. How wonderful?? Hahahahahahahaha!" sarkastikong sigaw pa ni Aimee at saka tumingin saming tatlo.. Ngumisi pa sya at saka muling tumingin kay Kim! **"So, eto ka na pala ngayon.. Ang Kimeniah Sirvey Gozon na walang posisyon sa mundo?! Hahahahahaha.. how pitiful.. Ano kayang feeling ng talikuran ng manliligaw mo at agawin ng babae'ng dating nililigtas mo sakin?! Ha?!"**

"Aimee.." suway ni Lee sa kanya.

"Tell me, Kim.. How does it feel?"

"Ano bang problema mo?" gumagaralgal ang boses na tanong pa ni Kim sa kanya.

"Anong problema ko?! Tignan mo 'tong uniform ko at ngayon mo ko tanongin kung anong problema ko! Ikaw! Ikaw ang problema ko dahil sa pagiging lutang mo----nabangga mo ko and look at me now! Mukha akong basahan!"

"Dati ka ng mukhang basahan sa paningin ko.." sabat ko at nanlalaki naman ang mga matang tumingin sakin si Aimee. **"Lalo na kapag si Choco ang katabi mo.. mukha kayong basahang pareho.."** dagdag ko pa at mas nanlaki ang mga mata nya. **"Sino ka ba sa akala mo para manigaw ng kapwa estudyante mo? Hindi porket malaki ang katawan ng boyfriend mo ay matatakot na sayo ang lahat ng tao.."**

"How dare you?" mahinang tanong nya pa.

"Kung wala kang magawang mabuti dyan sa buhay mo.. mag-asawa ka na lang.." sabi ko pa at saka tinalikuran sila at bumalik sa table namin.

"Are you okay?" dinig ko pang tanong ni Lee kay Kim. Pero hindi ko na sila nilingon.

Ramdam kong sakin nakatingin ang lahat ng kasama ko sa table pero nagtuloy na lang ako sa pagkain at hindi na sila pinansin.

"Kim!" dinig ko pa ring tawag ni Lee sa kanya kaya naman sigurado akong umalis na 'to.

Maya maya pa ay bumalik si Lee sa table namin at bumuntong-hininga.

"Ang sama naman ng ugali nung Aimee na yun.." sabi pa ni Naih pero hindi na sya kinibo ni Lee at nagtuloy na lang rin sa pagkain.

"I feel sorry for Ate Kim.." dinig kong sabi pa ni Michiko.

At doon nagsimulang magbago ang ihip ng hangin sa table namin habang kumakain..

Ramdam kong nailang sakin si Sensui.

"Loko'ng Aimee yun ah.." sabi pa ni Tob. **"Okay ka lang ba, Max?"**

"Mmm.." tipid na sagot ko.

"Tsk.. paniguradong reresbak na naman yun si Choco.." si Migz.

"Nakakatakot.." si Michiko.

"Wag na lang tayong makialam.." si Lee.

"Mga walang magawa sa buhay.." si Naih..

Mabilis naming tinapos ang pagkain namin at sabay sabay rin kaming naglakad papalabas ng Canteen..

"May assignment kami sa Bio.. Tsk.. hindi ko alam kung pano ko gagawin yun.." inis na sabi nya.

"Tungkol san??"

"Genetics.."

"E nasa libro naman lahat yun.."

"Oo nga, pero bukas irerecite rin namin yun dahil tungkol don ang discussion.."

"Edi intindihin mo.." sabi ko at tinapik ang balikat nya. **"Kaya mo yan, hwaiting.."**

"Sabay ulit tayo mamayang break ah??" bulong nya pa sakin. Nagpahuli talaga kami sa mga kasama namin dahil halatang halata namang binabagalan nya ang paglalakad nya.

"Mmm.. sige.. Magkita na lang tayo dito.."

"Susunduin kita sa room nyo.."

"A-Ang lapit lapit.. susunduin pa??" gulat na tanong ko.

"Yun ang sweetness, Taguro!" sabi nya pa na dinutdot ang noo ko dahilan para bahagyang mapaatras pa ako.

"Aahhh..." tatangu-tango kunwaring sagot ko pa at ngumiti naman sya. **"Hindi ba't mas sweet yung mauna ka na lang bumaba dito at hintayin mo ko dahil ayaw kong mapapagod ka??"**

"Tch! Sweet yun pero mas sweet kung magpapagod ako maaga lang kitang makita hehehehehehehe.."

"Tss.." singhal ko at saka nagtuloy sa paglalakad nung biglang huminto sa paglalakad si Sensui.

Taka naman akong nilingon sya.. Nakatingin sya sa harapan namin ng nilalakaran namin kaya naman dahan dahang napatingin rin ako doon..

Si Kim..

Nakatingin sya deretso sa amin munit na kay Sensui ang paningin nya.. Nung mapansin nyang nakatingin na rin ako sa kanya ay dali dali syang naglakad papalayo..

Ramdam ko ang pagkailang ni Sensui kaya naman iniiwas ko na lang ang paningin ko at nagderetso sa paglalakad hanggang sa makarating ulit sa locker. Mabilis kong kinuha don ang mga gamit ko.

"B-Babe.."

TUG!*DUG!

Halos magtayuan ang mga balahibo ko sa biglaang pagsulpot nya..

Bahagya pa akong napalingon sa bandang likuran ko nung marinig ko ang mahinang tawag nya..

Hindi ko maintindihan ang biglang pagtibok ng puso ko nung marinig ko ang boses nya..

Mabilis kong kinuha ang natitirang gamit ko pero hindi ko magawang lingunin sya dahil masyado syang malapit sakin..

"O-Oh?" kunwaring sagot ko.

"Mahal na mahal kita, Taguro.."

Hoop..

Napahigop ako ng hangin at hindi ko yun magawang ibuga!!!!

HUMINTO AKO SA PAGHINGA!

TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!

Muli akong nalunok dahil pakiramdam ko ay bumigat ang dibdib ko sa sinabi nya..

Mahal na mahal kita, Taguro..

Mahal na mahal kita, Taguro..

Hindi ko malaman kung bakit isang beses nya lang sinabi yun pero nagawa nong magpaulit-ulit sa tenga ko..

Hindi ko sya nagawang harapin kaya naman at medyo nagitla pa ako nung maramdaman kong hawakan nya ang ulo ko ..

"I'll see you later.." bulong nya pa at saka ko naramdaman ang paglayo nya..

Wooooohhh..

Napapikit pa ako nung tuluyan akong makahinga ng maluwag..

Pakiramdam ko ay nanginginig pa ang dibdib ko habang dahan dahan kong pinakakawalan ang hanging sininghap ko! Napakagat ako sa labi ko bago tuluyang tumalikod sa locker ko.. Dahan dahan ko pang nilingon ang likuran nya..

Ano 'tong ginagawa mo sakin, Sensui??? Tsk..

Iiling iling na nilingon ko ang locker ko kung sarado na yun at saka ako naglakad papaakyat sa building namin. At saka ako pumasok sa klase..

DISCUSS.

DISCUSS.

History Class..

Tulad ng dati ay mabilis na pumasok si Chupan ng classroom, isinara ang pinto at walang lingon-lingong naglakad papunta sa table nya at inilapag ang gamit nya sabay bukas ng white board marker at nagsulat sa white board.

'GET ONE WHOLE SHEET OF PAD PAPER. NOW!!'

"Aaaahhh..."

"S-Sir naman.."

"S-Sir.."

"Kakaresume lang ng klase, Sir e.."

Reklamo nung mga kaklase namin.. Nakangiti namang hinarap sila ni Chupan.

"Escaño!" sigaw ni Chupan.

"S-Sir??"

"Player ka ba?!"

"H-Hindi Sir.."

"Hahahahahahahahahahahahahahahahahaha!!!" malakas na tawa ni Sir at nakitawa naman si Escaño sa kanya.

"Bakit, Sir?? Hahahaha!" si Escaño.

"Hindi ka naman pala player e bakit nagrereklamo ka!" biglang sigaw ni Chupan.

Napapahiyang napatungo na lang si Escaño at saka naman biglang sumeryoso ang mukha ni Chupan!

"Are you going to get one whole sheet of pad paper or you will leave my class???" mayabang na tanong ni Chupan sa kanila kaya naman dali dali nang nagsipagkilusan ang mga 'to at saka mayabang na tumingin na naman sa akin. **"Ohhh.. Taguro.."** natatawa pang sabi nya. **"Akalain mo nga namang napakahusay mo'ng magpahulog, ano??? Bukod sa bola ano ba'ng kaya mong pahulugin??"**

Hindi ko sya sinagot.

"Ikaw, Marchessa?? Bukod sa bola anong kaya mong pahulugin?? Hahahahahahah.." banat nya kay Naih pero hindi rin sya nito sinagot.

"Bah?? Hahahahaha.. Nagchampion lang, nawalan na rin kayo ng boses?? Bakit?? Kayo rin ba ang nagcheer para sa sarili nyo?? Hahahahahahaha!!! Oh baka naman kaya tatahitahimik kayo kasi hindi kayo nakapag-aral ngayon?? Hahahahaha.. Number One!"

Dali daling nagsipagtunguhan ang lahat maliban na naman sakin..

Iniwasan ko na lang tignan si Chupan at tumingin na lang ako sa papel ko..

"Who is the first President of the United States of America?" tanong nya na naglalakad pa sa unahan. **"Number Two!"**

"A-Ahhh.. Identification, Sir????" si Escaño na naman.

"Bakit Escaño?? Gusto mo bang may choices???" nakangiting tanong ni Chupan sa kanya.

"O-Opo sana Sir.."

"Ahhh.. Sige.. Letter A.." sabi ni Chupan at yumuko naman si Escaño sa papel nya at naghintay ng sasabihin ni Serr. **"...Go out? Letter B, Drop out?? Or Letter C, Expulsion??"**

"S-Sir naman??"

"Number Two!" sigaw ni ulit ni Chupan na naglakad papalayo sa kanya. **"Dyan ka pumapasa e ano?? Sa pahula hula mo sa mga letrang binibigay ko! Loko!"** inis nya pang nilingon ulit 'to at saka nagtuloy sa paglalakad sa gitna. **"What city was previously known as Salisbury?!!!"** tanong nya na na lumapit kay Michiko at doon huminto. **"Number Three!!! What does Yugoslavia mean!!!!"** umasta pa syang sumisilip sa papel ni Michiko. **"Me naisasagot ka naman ba, Tarranza???"** sarkastikong tanong nya pa.

"M-Meron po.."

"Number Four!!! Yen is the currency of which country!!!!" sigaw nya at saka sumilip kay Michiko na nakangiti namang ipinakita ang sagot sa kanya.

"Aba! Meron ka ngang naisasagot ano???" kunwaring natutuwang sabi ni Chupan kay Michiko na hindi naman nagets ni Michiko kaya masayang tumango pa 'to sa kanya!

"Opo, Sir!!"

"Baka puro panahon ng Hapones ang isagot mo.. tsk tsk.. Pagbubuhulin ko kayo ni Yanai!"

"H-Hindi po, Sir.."

"Number Five!!! How many islands are there in the Philippines?!" sigaw na naman nya at saka tumalikod kay Michiko at nagsimulang maglakad papalapit sakin..

Nakangisi syang tumingin sakin at saka sarkastikong umastang nagbibilyar pa!

"Isang tira mo lang, hulog ang nuebe ano?? Mahusay.." tatangu-tangong sabi nya pa. **"Kaya pati puso ni Enrile naihulog mo e ano??? Hahahahahahahahaha! At akala mo naman.. sasantohin kita porket syota mo na sya???"**

"Aaaawww..."

"Seryoso??"

"Hindi nga??"

"Sila na talaga??"

"Hala..."

"Kainggit.."

"Buti pa sya.."

"Swerte ni Max.."

Bulungan pa nung mga classmates namin..

"Number Fiveeee!!!!!"

"Six na.. Serr.." mayabang na sabi ko at nagulat naman sya.

"Magaling ka talaga sa numero ano?? Hahahahaha.. Paboritong numero mo siguro ang *'six'*???" natatawang tanong nya at nginitian ko naman sya.

"Mmm.. six, six, six, Serr.." sabi ko pa at saka sumeryoso ng tingin sa kanya.

"Hahahaha.. demonyo.." sabi pa nung isang classmate namin na nilingon pa ni Chupan at sinamaan ng tingin.

"Number Six!! What is the number of squares on a chess board!!!!"

WTF???

"Number Seven!!! Who is considered the father of geometry!!!!"

At nagtuloy tuloy sya sa pagtatanong hanggang umabot ng bente..

Matapos nun ay naglecture rin sya kaya naman nakinig na lang kami at tulad nang dati.. walang sabi sabing lumabas sya ng room..

"King inang yun e noh? Hindi man lang nabago ng panahon ampucha.." dinig kong sabi pa ni Escaño at saka naman ako tumingin kay Naih at nilingon nya naman ako.

"Anong sagot mo dun sa chess??" inis na tanong sakin ni Naih.

"64.." sagot ko.

"Sigurado ka don??"

"Hindi.." iiling iling na sagot ko.

"Pucha.. parte pa ba ng history yun?!" inis na tanong nya. **"Tsk.. kalokohan ni Chupan.. Tapos hindi man lang chineckan yung papel ngayon! Peste!"**

Hindi ko na sya nagawang sagotin dahil tumayo sya at naglakad papalapit kila Migz na nagsipagtayuan din..

At doon ko lang narealized na break time na pala..

Bumilis na naman ang tibok ng puso ko nung maalala kong magkikita kami ni Sensui sa Canteen..

DEIB'S POV

Nung matapos ang English Class ko ay minadali ko na sila Lee at Tob para umakyat kami sa room nila Taguro..

Hehehehhehehe...

"Pucha.. parang pangalawang beses pa lang nating gagawin 'to ah???"

Napahinto ako sa pag-akyat at nakangusong nilingon si Tob.

"Talaga??" takang tanong ko pa.

"Mmm.. hindi ko matandaan kung kelan tayo unang umakyat pero.. sa pagkakatanda ko... Pangalawang beses pa lang nating ginawa 'to.."

Napailing pa ako at saka napangiti..

"Edi maganda.. hehehehe! Ngayon susunduin ko sya dahil girlfriend ko sya hahahahahaha.. Girlfriend ko sya at susunduin ko sya hahahaha! Susunduin ko sya dahilan girlfriend ko sya---"

"Ang ingay mo.."

Gulat akong napatingin kay Lee na tinabig pa ang kamay ko at saka ngingisi ngising umakyat!

"H-Hoy!" sigaw ko sa kanya pero nauna na sya paakyat! **"Hoy! Tweety Bird! Tch.."**

"Hahahahahaha tweety bird?!" natatawang tanong sakin ni Tob.

"Tch.. bagay na bagay sila.. Isang Parrot at isang Tweety Bird! Hahahahahaha! King ina natawa ako sa naisip ko.." tatawa tawang sabi ko at saka kami nagtuloy paakyat at dumeretso sa room nila Taguro..

"Psh! Lahat na lang pinangalanan mo, loko! Hahahaha!" tatawa tawang sabi pa ni Tob.

Sumilip kami sa labas ng room nila kaya naman nagsimulang umingay sa bulungan ang klase nila..

Wala namang Lec kaya naman nagtuloy lang ako sa paghahanap kay Taguro..

Nakaupo sya sa upuan nya at magkakrus lang ang kamay.. Hindi nya kami nakita kaya naman dahan dahan akong nagpunta sa likuran ng room nila at dumaan sa likod na pinto..

"Tara, Max----" natigilan si Parrot sa pagsasalita kaya naman sinenyasan ko syang wag maingay. **"B-Break na.. hehehehehe.."** biglang bawi ni Parrot.

"Kayo na lang ang bumaba.. maiwan na ako dito.."

Bakit?!

"H-Ha?? Bakit?!" tanong ni Parrot sa kanya.

"Tinatamad akong bumaba.." sagot ni Taguro!

Tinatamad pala ah?!

Inis akong naglakad papalapit sa kanya at dumungaw mula sa likuran nya!

"Bababa ka o bubuhatin kita??" tanong ko sa mismong mukha nya.

Pilit kong nilabanan yung talas ng mga mata nya!!!

~NK!!~

Inatras nya ang table nya dahilan para mag-ingay yun at saka sya tumayo..

"T-Tara.. 15 minutes l-lang y-yun di ba?? T-Tara.." uutal utal na sabi nya pa at saka nagpaumunang maglakad palabas..

Taka naman akong nilingon sya..

Anong nangyari don??

Hindi na ako nag-isip at saka ako nakangiting sumunod na lang sa kanila..

Pagdating sa Canteen ay agad akong tumabi kay Taguro..

"Anong gusto mong kainin??" tanong ko pa sa kanya.

"Mmm.. kahit na ano.." sagot nya na hindi nakatingin sakin.

"E ano ngang gusto mong kainin?? Para yun ang bibilin ko.. heheheheh.."

"Kahit na ano nga.."

Inis akong tumingin sa mukha nya at sinilip yun.. Agad nya namang iniiwas ang paningin nya at tumingin mga kasama naming tumayo at nagpunta na sa line..

"M-May masakit ba talaga sayo??" tanong ko pa na hinawakan ang braso nya.

"W-Wala hehehehe.. w-wala.. w-wag mo kong hawakan.."

Anong nangyayari dito??

Taka akong pinagmasdan sya at pasulyap syang tumingin sakin na agad rin namang inalis ang paningin nya..

May mali e..

Pinagmasdan ko pa ulit sya at saka hinanap kung anong mali sa ikinikilos nya..

Pero sadyang wala akong makita!

Pero parang may mali e! Tsk!

Napabuntong-hininga ako at saka nagdesisyong tumayo..

"Bibili lang ako.. wag kang aalis dyan.. Kung anong bibilin ko, yun ang kakainin mo ha?!" seryosong sabi ko pa sa kanya at tumango naman sya ng hindi tumitingin sakin!

Napapailing na pumunta na lang ako sa line at kinalabit si Lee.

"May napansin ka kay Taguro?" mahinang tanong ko pa sa kanya at taka naman syang nilingon si Taguro.

"Wala.. bakit?" takang tanong nya pa.

"Parang may mali e.." napapailing na sabi ko pa at saka nagtingin ng pagkain.

"Anong mali?"

"H-Hindi ko nga alam e.." sagot ko at taka syang tumingin ulit kay Taguro at saka muling tumingin sakin at ngumiti.

"Baka nagselos?"

Nagselos??

Gulat akong napatitig kay Lee at saka dahan dahang lumingon kay Taguro na nananatiling magkakrus ang kamay at saka nakapandekwatrong nakaupo.

"Nagselos san??" takang tanong ko pa.

"Kay Kim.. hahahaha.. Order ka na.." sabi nya pa at saka muling tumingin sa salamin at umorder ng pagkain..

Taka namang liningon ko ulit si Taguro at saka ako napaisip..

Pano sya nagselos?? takang tanong ko pa sa isip ko at saka inalala yung nangyari kanina..

Wala namang nakakaselos don ah?! Tsk.. Weird..

Napapailing na lang na um-order ako ng pagkain at saka naglakad pabalik sa table namin.

"Maraming Engsaymada para sa aking Taguro.. hehehehehe.." sabi ko pa at saka inilapag ang tray sa harap nya.

"Naks.. hahahahaha.. Wish ko lang maubos nya yan.." sabi pa ni Parrot.

"Edi iuuwi nya yung iba hehehehe.." sabi ko pa at saka naupo sa tabi ni Taguro. **"Kakain ka o susubuan pa kita??"** tanong ko.

Hindi nya naman ako sinagot at mabilis na kinuha yung isa at sinimulang kumain.

"Bilisan nyo.. 6 minutes na lang.." sabi nya pa na hindi tumitingin sakin!

Ano ba talagang nangyayari!

Napapabuntong-hiningang kumain na lang ako nun at habang nakatingin sa kanya..

Hindi ko maintindihan 'tong taong 'to.. bigla na lang mawawala sa wisyo.. Tsk!

Nung matapos kaming kumain ay mabilis na tumayo si Taguro kaya naman agad akong sumunod sa kanya at dinala yung dalawang Engsaymada pang natitira..

"Dalin mo sa classroom nyo at kumain ka pa.. Kapag pumalag ang Lec mo, sumbong mo sakin.. Hehehehe.." sabi ko pa na iniabot sa kanya ang mga yun.

"Hindi na."

Napahinto ako sa pagtanggi nya.. at mabilis ring humabol dahil nagderederetso sya sa paglalakad.. Nung bahagyang mauna yung mga kasama namin ay saka ko sya hinawakan sa kamay at saka iniharap sakin..

"Teka nga.." malumanay na sabi ko pa.

Bumibilis ang tibok ng puso ko at kinakabahan ako! Baka may nagawa akong hindi nya magustohan! At ayaw kong ganito ang treatment nya sakin!

"M-May problema ba??" nag-aalalang tanong ko pa.

"A-Anong problema?" maang-maangang tanong nya.

"Bakit ganyan ka? O-Okay naman tayo kanina ah?" malungkot na sabi ko pa at napabuntong-hininga naman sya at iniwas ang tingin sakin. **"Taguro.."** tawag ko pa sa kanya habang nanlulumo ang dalawang tuhod ko.

"P-Pagod lang ako.." sabi nya pa.

"Meron kang hindi sinasabi sakin e.." sabi ko pa at kitang kita ko naman ang bahagyang pagkagulat nya. **"Taguro.. galit ka ba sakin??"**

"Hindi.."

"E bakit ganyan ka?"

"Anong ganyan ba?"

"Yan.. ganyan.. B-Bigla ka na lang walang kibo.. Kanina.. kung hindi ka pa magulat na nandon ako sa room nyo----wala ka pa atang balak na bumaba e may usapan tayong magkikita ulit tayo sa Canteen.. Okay naman tayo bago tayo maghiwalay kanina ah? Anong nangyari sayo?" takang tanong ko.

"W-Wala nga.."

"Sabihin mo na sakin.."

"M-Malelate tayo.. pumasok ka na.." sabi nya na muling iniiwas ang paningin nya sakin at naglakad papalayo..

Napapabuntong-hiningang sumunod naman ako sa kanya.

"Hindi ako papasok hangga't hindi mo sinasabi sakin ang problema.." sagot ko at gulat naman syang tumingin sa mga mata ko kaya naman nilabanan ko ang mga titig nya. **"Hindi talaga ako papasok hangga't hindi mo sinasabi sakin kung bakit ka nagkakaganyan.."**

"A-Ano ka ba?"

"Tch! Bahala ka sa buhay mo.. kapag hindi mo sinabi sakin.. hindi ako papasok at magagalit sakin yung Lec ko.. Magagalit sya hanggang sa ibagsak nya ako.. Kapag bumagsak ako ay masisira ang pag-aaral ko at hindi ako makakagraduate.. Uulit ako ng fourth year at magiging kaklase kita pero dahil hindi mo parin sinasabi sakin yung problema sa oras na yun ay babagsak ulit ako at hindi ko na matatapos ang pag-aaral ko at masisira na ang pangarap ko.. hindi na tayo magkakaron ng benteng anak na kamukha mo.."

"Tss.. ang daldal mo.."

"Taguro.." nakangusong sabi ko na napasandal pa sa poste'ng nandon.

"Pumasok ka na.. magkita na lang tayo mamaya.."

"Sabihin mo muna sakin.."

"Wala nga.."

"Sabihin mo na.."

"Sinabi ng wala e.."

"Nagselos ka kay Kim kanina noh??" nanunuksong tanong ko pa.

"H-Ha?! Asa!"

"E-Eh bakit ka nagkakaganyan??"

"Tss.. wala 'tong kinalaman kay Kim, noh! Wala rin 'tong kinalaman.. s-sayo.." pahina ng pahinang sagot nya at nginusuan ko naman sya. **"S-Sakin lang 'to kaya wala kang dapat na alalahanin.. Pumasok ka na at magkita na lang tayo mamaya.. Hindi ka talaga magkakaron ng benteng anak na kamukha ko kapag hindi ka pumasok sa klase mo.."** sabi nya at saka tinalikuran ako!

Humabol naman ulit ako sa kanya.

"Dalin mo 'tong Engsaymayda----"

"Ensaymada nga kase!"

Gulat akong napatingin sa pagsigaw nyang yun!

Hindi ako nakakibo at napatingin na lang sa Ensaymada'ng hawak ko..

"A-Akina.." sabi nya na kinuha yun pareho. **"Pumasok ka na sa klase mo.."** malumanay pang sabi nya. Kaya naman hindi na ako nagsalita at tinalikuran ko na agad sya at walang lingon-lingong umakyat ng building na yun papunta sa room.

Bakit ba ganon ang ugali nya?! Tsk!

Kaya naman nung dumating ang Lec para sa huling klase ay wala akong ganang makinig sa kanya!

DISCUSS.

QUIZ.

DISMISSAL!

Dismissal na pero nakanguso pa rin akong nag-aayos ng gamit ko at hindi ko na hinintay pa sila Lee at Tob at nauna na akong bumaba papunta sa locker room!

Hindi ko malaman kung anong gagawin ko dahil hindi nya naman sinasabi sakin kung anong ikinagaganon nya! Pano ko sya susuyuin! Tsk! Bahala nga sya sa buhay nya! Umiiral na naman ang pagiging wirdo nya!

"Hi Deib.."

"Yiiieee ang cute ni Deib.."

"Oh my God.. hapon na pero ang bango bango pa rin nya.."

Hindi ko pinansin lahat ng nagbubulungan sa dinadaanan ko at nagtuloy lang ako sa paglalakad papunta sa locker ko at saka inilagay doon ang gamit ko..

"Oh.. bakit hindi mo kami hinintay???" takang tanong ni Tob nung makababa sila at lumapit sakin.

"Wala ako sa mood, dre.." nakangusong sabi ko pa habang isa-isang ibinabato papasok sa locker ko yung mga notebook ko!

"Lah.. anong nangyari sayo?" takang tanong pa ni Tob.

"Hindi ko maintindihan ang mundo!" inis na sagot ko.

"Hahahahahha.. iba't ibang lenggwahe kasi meron sa mundo, dre! Ganyan talaga! Kami rin naman e.."

Inis akong sinulyapan sya at napailag naman agad sya!

"J-Joke yun dre.. w-wag kang ganyan makatingin hahaha!" biro nya pa at saka nagpunta sa locker nya!

"H-Hi D-Deib.."

May nagsalita sa likuran ko kaya naman inis akong nilingon sya! Hindi ako nagsalita at tinignan ko lang sya!

"B-Babatiin l-lang sana kita ng C-Congratulations k-kasi nanalo kayo kahapon.." sabi nya pa. Tinignan ko sya mula ulo hanggang paa at saka tinalikuran!

"Woooahhh.. mukhang wala sa mood si Sensui ah??"

Napalingon ako sa tagiliran ko nung marinig ko ang boses ni Parrot! Agad namang hinanap ng mga mata ko si Taguro pero wala na sya!

"N-Nasan si Taguro?" tanong ko pa sa kanya.

"Nauna na sa Parking Lot.." nakangiting sagot nya pa at saka pumunta sa locker nya at binuksan yun!

Inis namang sinarhan ko ang locker ko at saka mabilis na naglakad papunta sa Parking Lot!

Ngayon mo sabihin saking wala'ng problema at okay ka lang! Bakit mo ko iniwan! Tsk!

Nakaramdam ako ng inis dahil hindi ko sya maintindihan! Kaya naman dali dali akong naglakad papunta sa kanya! Nung marating ko ang Parking Lot ay agad kong hinanap ang motor nya!

"Taguro!" inis na sigaw ko pa sa kanya kahit na sobrang lapit nya lang! Mas nainis pa ako nung talaga namang dahan dahan nya pang nilingon ako!

"Mmm?" naisagot lang nya!

"Bakit hindi mo ko hinintay?!" inis talagang tanong ko at taka naman syang tinignan ako!

"Ano ba sa tingin mo ang ginagawa ko?"

"W-What?!"

"Kaya nga ako nakatayo dito kasi hinihintay kita.."

"E-Eh bakit dito?! Bakit hindi don sa loob!?"

"Bawal ba kitang hintayin dito?"

"Tsk.." singhal ko at saka mas lumapit sa kanya. **"Ano bang nangyayari sayo??"** inis na tanong ko at hindi naman sya sumagot! Lumingon pa sya sa mga tao'ng nandoon na isa-isang naglalakad papunta sa mga sasakyan nila! **"Bakit hindi mo ko kinakausap ng maayos?!"**

"Maayos naman akong naki---"

"Hindi!" pigil ko sa kanya! **"Hindi kita maintindihan ngayon!"**

"W-Wag ka ng magalit.." malumanay na sabi nya at nakipagtitigan sakin. **"M-May iniisip lang ako.." sabi nya pa.**

"Ano naman yun?!"

"Ikaw.."

Ako?? B-Bakit ako??

Napatitig ako sa kanya! At hindi ko magawang kiligin agad dahil masyadong seryoso ang mukha nya!!!!

Ayun na naman yung nanghihigop na mga tingin nya!

Bumuntong-hininga sya at saka tumingin sa kabuuan ko.. Taka naman akong tinignan rin sya! Tumingin pa muna sya sa relos nya at saka muling tumingin sakin.

"Gusto mo bang tulungan kita sa assignment mo??" malumanay na tanong nya.

"H-Ha??" gulat na tanong ko pa pero hindi nya na inulit ang tanong nya kaya naman inayos ko ang sarili ko at kahit gulat ay sumagot ako sa kanya. **"S-Sige.. S-Sige! Hehehehe.. O-Oo naman.. gusto ko.."** napapangiting sagot ko.

"Mmm.. sige.. Tutulungan kita.." seryoso pa ring sabi nya kaya naman tulungan na akong ngumiti at tumabi sa kanya.

"W-Wag ka ng magkakaganyan ulit ah?? Nag-aalala ako e.."

"Tss.." sabi nya at saka umayos sa pagkakatayo at sumandal sa motor nya.

"Pasandal ah?? Hehehehe.." tanong ko pa at saka sumandal sa motor nya. Umalis naman sya sa pagkakasandal at saka tumayo sa harap ko.

"Sumakay ka.."

"H-Ha??"

"Sumakay ka.." utos nya kaya naman kahit gulat ay sumunod ako. Umasta akong nagmomotor! Bahagya naman syang lumayo sakin at pinagkrus ang dalawang kamay nya. **"Bagay pala sayo ang nakamotor e.."**

"T-Talaga??"

"Mmm.."

"Hehehehehhehehehehe.. kaso mas gusto ko ang kotse hehehehe.."

"Mas gusto ko naman ang motor.."

"Tch! Wag ka ng magmotor! Delikado yan e!"

"Woooohh akala ko iniwan nyo na kami e!" biglang sigaw ni Tob kaya naman nilingon namin sila at lumapit naman agad sila samin.

"Hehehehehe.. tuturuan pa ako ni Taguro sa assignment natin para bukas kaya naman mauna na kayong umuwi hehehee.." masayang sabi ko pa kay Tob.

"Oh talaga?! Ayos yan!"

"Mmm.. aasahan naming ikaw ang highest sating tatlo bukas, dre.." si Lee.

"W-Wag naman ganon, dre.." pigil ko pa sa kanya.

"Hahahaha.. sya sya mauna nako.." sabi pa ni Lee saka bumaling kay Parrot. Si Tob naman ay bumaling kay Michiko at nagpaalaman sila.

"Saan nga ba tayo mag-aaral??" tanong ko pa kay Taguro.

"San mo ba gusto? Sa inyo o samin?"

"Gusto mo samin?"

"Mmm.. ayos lang.." sagot nya at saka bumaling kay Naih. **"Woi.. mauna ka ng umuwi.."**

"Oh.. san ka?"

"Kila Sensui.."

"Gusto mong sumama, Parrot??" tanong ko pa sa kanya pero nakakalokong ngumisi pa sya.

"Psh! Hindi na! Marami rin akong gagawin e hehehehe! Sige na sige na.. Ingat kayo sa byahe ah??" sabi pa ni Parrot at saka sumakay sa motor nya. Nagpaalaman lang rin kaming lahat at saka isa-isang nagsipag-alisan na rin.

Maya maya pa ay nasa bahay na kami.

"Omo! Maxi is here!!" salubong samin ni Mommy.

Yumakap si Mom sa kanya at saka inalalayan sya papasok ng bahay.

"Mmm.. mag-aaral kami, Mommy.." sabi ko pa.

"Ohh?? Wooowww.. hihihihi gusto ko yan.." kunwaring pumapalakpak pang sabi ni Mom. **"O sya sige sige.. umakyat na kayo doon sa kwarto mo't mag-aral na kayo.."**

"S-Sa Study room kami Mom.." gulat na sagot ko pa.

"Ayy nako, ipinapaayos ng Daddy mo ang mga lumang shelves doon kaya maalikabok at mausok.. Amoy pintura rin.. kaya sige na, doon na kayo sa kwarto mo.."

Naiilang na napalingon ako kay Taguro at iniiwas naman nya sakin ang paningin nya kaya naman binigyan ko na lang sya ng pilit na ngiti.

"H-Hehehehe.. T-Tara??" yaya ko pa at tumango naman sya.

Habang papaakyat naman kami sa kwarto ko ay kabado pa ako dahil nagmadali ako kanina ay hindi ko alam kung gano kakalat ang kwarto ko!

Sana inayos ni Manang..

"I-Ikaw pa lang ang makakapasok sa kwarto ko.." sabi ko pa sa kanya bago ko tuluyang buksan ang pinto non. Tumingin naman sya sakin bago ko buksan ang pinto at saka nya tignan ang loob non at pumasok..

Agad kong iginala ang paningin ko para tignan kung may nakakalat na kung ano, pero wala naman kaya naman niyaya ko na sya sa maliit kong sala don sa harap ng veranda. Binuksan ko ang ilaw at ang sliding door para pumasok ang hangin mula sa veranda. Hindi ko isinara ang pinto ng kwarto ko.

"Upo ka muna dyan.. magbibihis lang ako.." sabi ko at sumunod naman sya. Kumuha agad ako ng damit sa closet at saka pumasok sa washroom at doon nagpalit..

Haaaaayy.. kung ganito ba naman araw-araw e hehehehe pano ko mapipigilan ang sarili kong mahalin ka ng todo?! Hahahahaha!!!!

Matapos kong magbihis ay agad akong lumapit sa kanya at isa-isang inilabas ang mga gamit ko sa Bio at saka ko kinuha ang laptop ko at binuksan yun sa harap nya.

"Libro ang kailangan mo.. hindi laptop.." pormal na sabi nya pa kaya naman nakanguso akong tinignan sya. **"Sige na.."** utos nya pa kaya naman inilapag ko na lang sa table yung laptop at saka kinuha yung libro. **"Anong topic?"**

"L-Lahat ng tungkol sa Genetics.." sagot ko at binuklat nya naman yun libro at maya maya lang ay inilapag nya na yun at iniharap sakin ang topic.

Napabuntong-hininga pa ako ng magsimula syang turuan ako isa-isa bawat topic.. Pilit kong inalis yung mga pagpapacute ko at nakinig akong mabuti sa kanya..

Habang tumatagal ay unti-unti kong naiintindihan at nakukuha ang mga sinasabi nya.. Kaya naman nakuha kong mag-enjoy habang nag-aaral..

"Paniguradong itatanong sakin ni Miss yang Gregor Mendel na yan hehehehehe.." sabi ko pa habang isinusulat sa notebook ko ang tungkol doon.

"Mmm.. kaya kailangang masagot mo sya.." sabi pa ni Taguro at saka inilipat ang pahina. **"Kapag sinabing external resemblance???"** nakangiting tanong nya pa at taas-noo naman akong tinignan sya!

"Phenotype!" mayabang na sagot ko.

"Internal nature?!"

"Genotype!"

"Which one's dominant??" tanong nya pa.

"Phenotype! Tch!"

"Tss.. Recessive!?"

"Genotype! Sus!" mayabang na sagot ko ulit! **"Hehehehehehehehe.."**

"Homozygous??" tanong pa ulit nya!

"Same!"

"Hetero??"

"Different!"

"Nice.."

"Hehehehehe.."

"Wooooowww.. ang sarap naman panoorin ng mga anak ko.."

Gulat pa kaming napalingon kay Mom na derederetsong pumasok dahil iniwan kong bukas ang pinto! May dala syang merienda na agad na inilapag sa table at naupo sa harap namin ni Taguro at mapanuksong tumingin samin..

"Tapos na kami Mom.. Alam ko na lahat hahahahaha!!! Tanongin mo na ako, Mom.."

"Ahh omo! Talaga?? Yiiieee ang talitalino ng baby ko.."

"Hahahahaha magaling teacher ko e hehehehe.."

"Ang sweet naman tignan na nag-aaral kayong magkasama.. Yiiiieee.. hihihihihihi.."

"A-Ahh hahahaha.. kaninang umaga rin po, Mom.. Nagsit-in pa sya sa loob ng classroom namin para lang turuan ako hehehe.."

"Omo! Talaga?? Wooooowww.. Ang sweet sweet mo naman, Maxi.."

"E-Eh?? A-Ahh ye.. ye.." pilit ang ngiting sabi pa ni Taguro dahil nabigla sya sa sinabi ni Mom.

"O sya sige sige.. kumain na muna kayo.. yiiieeee.." sabi pa ni Mom at saka inabutan kami ng tig-isang plate. **"Velvet cake for my Maxi and for**

my baby.. Yiiieee.."

"Dito ka na rin magdinner, Maxi ah??" tanong pa ni Mom nung nagsimula na kaming kumain.

"A-Ahh hindi na ho, h-hinihintay ho kasi ako ni Zarnaih sa bahay.."

"Ayy.. ganon ba? Mmm.. bakit hindi mo sya sinama ngayon??"

"Para masolo ko sya, Mom..." nakangiting sabat ko.

"A-Ahh hihihihihi.. sabagay.." ngiting ngiting sabi na naman ni Mom at saka muling tumayo. **"O sya.. maiwan ko na muna kayo dyan ha??"**

Nung makaalis si Mommy ay saka ako tumingin kay Taguro na ngumunguya pa nung lingunin ako.

"Mmm.. m-marami na akong bagay na nagawa sayo e.. maliban sa isa.." pigil ang ngiting sabi ko at nagtaka naman sya. **"H-Hindi pa kita nasusubuan.."**

"Hindi pa ba??" takang tanong nya.

"Ngayon pa lang.."

Kaya naman inilapag ko yung plate ko at kinuha ko yung plate nya. Humiwa ako ng maliit at saka iniharap sa kanya..

"Ahhh..." sabi ko pa na ininganga ang bibig ko.

Bahagya pa syang umubo at saka dahan dahang ibinuka ang bibig nya at lumapit sa tinidor..

Kaya naman humiwa ako ng panibago at muling iniharap sa kanya.

"Aahhhh.." sabi ko pa ulit at muli na naman syang lumapit pero bago pa man nya tuluyang ibuka ang bibig nya ay inilapit ko ang mukha ko..

At hinalikan sya..

****TSUP****

Bakas ang gulat sa mukha nya nung tuluyan kong ilayo ang mukha ko sa kaya.

"Heheheehehehehehe-----A-A-Aray! Aray!" bahagyang sigaw ko pa nung bigla nyang pingutin ang ilong ko! **"A-Araaay! T-Taguro----Ano ba!"** sigaw ko pa nung tuluyan nyang bitiwan yon!

"Tss.. namimihasa ka ah.." singhal nya.

"Hahahahahahaha!" malakas na tawa ko sa kanya at saka kumuha ng tissue at pinunasan ang bibig nya.

Nung matapos kaming kumain ay nagdesisyon syang umuwi na kaya naman matapos magpaalam kay Mom ay hinatid ko rin sya sa labas. Hindi nya naman ako kinibo hanggang makalabas kaya naman nakangusong lumapit ulit ako sa kanya at sumandal pa ako sa motor nya.

"Tahimik ka na naman.." nakangusong sabi ko pa at tumingin naman sya sakin at saka ngumiti kaya naman ngumiti rin ako. **"Wag mo ng uulitin yun ah?"**

"Yung alin?" takang tanong nya pa kaya naman sumimangot ako.

"Tch.. hindi kita maintindihan kanina e.." nakangiwi pang sabi ko at saka tumitig sa kanya. **"Sabihin mo nga sakin.. bakit nga ba nagkaganon ka bigla? Parang wala ka sa mood na ewan.. Imposible namang dahil iniisip mo ko??"**

"Tss.. e yun naman talaga e.."

"Tsk.. ano nga?"

"Yun nga.. iniisip kita.. Yun lang, wala ng iba.."

"E bakit parang naiilang ka sakin kanina?"

"Wala.."

"Tsk.. bakit nga??" sabi ko na hinila pa sya dahilan para mapasandal sya sakin kaya naman niyakap ko sya habang nakatalikod sya sakin. **"Sabihin mo sakin kung bakit..?? Hmm?? Babe?! Hehehe.."**

"Tss.. wala nga.. Uuwi nako---"

"Hindi ka makakawala sa yakap ko hangga't hindi mo sinasabi sakin.."

"Wag kang makulit kung ayaw mong durugin ko 'tong mapapayat mong buto.."

Inis akong binitiwan sya at dahan dahang iniharap sakin.. Tumingin ako ng deretso sa kanya.

"Tsk.. sige.. Hindi na kita kukulitin.. Pero wag mo ng uulitin yun ah?"

"Oo na.."

"Mahal mo ko?"

"E-Eh??"

"Tinatanong kita kung mahal mo ko??"

"B--Bakit n-naman---"

"Bat nauutal ka??" natatawang tanong ko.

"Tss.. s-sige na u-uuwi na ako--"

"Taguro.."

"A-Ano ba?!" inis kunwaring tanong nya at natawa naman ako sa kanya.

"Sige na.. umuwi ka na.." sabi ko na lumayo sa motor nya at saka inalalayan syang makasakay don. At saka ako muling yumakap sa kanya at

mas hinigpitan ko yon. **"Sana bukas mahal mo na ako.. hahahahaha!"** natatawang bulong ko pa at saka tinapik ang likurang upuan ng motor nya. **"Ingat ka.. pakakasalan pa kita.."**

"Tss.. Geh.." sabi nya at saka naghelmet.

~BEEP!~

Bumusina pa sya ng isa bago umalis at ako naman ay kakaway kaway sa kanya habang pinapanood syang papalayo..

OceanofPDF.com

CHAPTER 127

KEV'S POV

Hanggang ngayon ay hindi ko mabawasan ang mga tanong sa isip ko..

Sana nga ay nagkakamali lang ako.. na ang Taguro'ng tinutukoy ng kapatid ko ay ang Taguro'ng kinamumuhian ko..

"Tsk.." singhal ko pa habang naglalakad papalabas ng LU. Tulad ng nakasanayan.. maglalakad na naman ako pauwi mag-isa..

Hindi pa man ako nakakabawi ng lakas mula sa Interhigh at hazing ay may pasok na agad..

Napahinto pa ako at saka napailing dahil sa naiisip ko..

Imposible naman kasing dalawang magkaibang Taguro ang kilala ko at kilala ng kapatid ko!

Naiinis ako sa dami ng tanong na pumapasok sa isip ko pero ni isa sa kanila ay hindi ko masagutan!

Nung Championship habang pinapanood ko si Maxpein ay hindi ko maiwasang hindi makaramdam lalo ng galit!

Pano nya nakilala si Bree?!

Bakit nya kami dinalan ng groceries!?

Pano nya nalaman ang bahay namin?!

Badtrip!

Nanginginig ang kalamnan ko sa twing mag-iisip ako ng hindi ko kayang sagutin!

Pano nya napasok ang buhay ko!

Muli kong inalala ang nangyari nung isang gabi..

~FLASHBACK~

Pareho kaming hindi nakadilihensya ni Nanay, dahil ang dati naming gawain ang magdispatser sa sakayan ng jeep malapit sa Mall ay doon kami pumunta, munit maggagabi na rin nung nakarating kami don dahil nilakad lang namin yun kaya naman lampas na ang oras ng uwian ng mga estudyante..

Mahigit bente singko pesos lang ang halagang naiuwi namin at tanging tuyo lang ang nabili namin..

Gayunpaman ay masaya kami ni Nanay sa tuyo'ng iniuwi namin.. Kaya masaya na rin ako.

Pagdating sa bahay ay agad kaming pumasok at tinawag si bunso..

"Bree??" tawag ni Nanay sa kanya na binuksan agad ang pinto at pumasok. Sumunod naman ako. Pumasok ako sa kwarto para hubarin ang sapatos at uniform ko.

"Naaaayy!!!" salubong ni bunso sa kanya at saka yumakap.

"Mmm.." nakangiting salubong sa kanya ni Nanay at yumakap rin. **"May dala'ng pagkain si Nanay, gutom ka na ba??"**

"Busog na busog na nga po ako e! Pinakain ko na rin po sila Ate at Tatay!"

Natigilan ako sa paghuhubad ng sapatos ko nung marinig ko ang sinabi ni bunso at lumabas ako mula sa kwarto ko.

"Kumain na kayo?? S-Saan kayo kumuha ng pagkain??" gulat pang tanong ko.

"A-Ahh.." hindi makasagot si bunso.

"Bree..." tawag ko pa sa kanya.

Kinabahan ako sa sinabi nya..

San sya kumuha ng pagkain?? Tsk! H-Hindi kaya... m-marunong na rin mangupit 'tong kapatid ko??

Nainis ako sa sarili kong naisip!

Lumuhod ako sa harap nya at saka tumingin sa mga mata nya at hinawakan pa sya sa magkabilang balikat nya.

"B-Bree.. s-sabihin mo kay Kuya.. s-san ka kumuha ng kinain nyo??" malumanay na tanong ko.

"A-Ang totoo k-kasi Kuya.. d-dumating yung kaibigan ko.."

"K-Kaibigan?! Kelan ka pa nagkaron ng kaibigan?? Magsabi ka sakin ng totoo.."

"Kev.." suway sakin ni Nanay dahil nagsisimulang tumaas ang tono ng boses ko.

"M-Magsabi ka kay Kuya ng totoo, bunso.." kalmadong tanong ko.

"Pero Kuya.. dumating po talaga ang kaibigan ko.."

"W-Wala ka namang kaibigan ah?? Kelan ka naman nagkaron ng kaibigan, bunso??"

"Natatandaan nyo po ba noon na umuuwi ako ng may pera?? Sila rin po yung nagbibigay sakin non.. At ngayon po, silang magkapatid ang pumunta dito at dinalan tayo ng napakaraming pagkain.. halika

Kuya.." sabi nya na hinila ang kamay ko at kahit hirap ay mabilis akong nakatayo at sumunod sa kanya papunta sa lamesa sa kusina. **"Eto, Kuya oh.. eto oh.. Nanay.. eto po oh.."**

Natigilan ako nung makita ko ang mahigit limang plastic bags ng groceries na may kasamang dalawang boxes pa.. Hindi pa rin ako makapaniwala sa nakikita ko kaya naman lumapit pa ako doon at hinawakan isa-isa..

Nung buksan ko pa ang isang plastik na nahawakan ko ay parang kuminang pa ang mga de lata'ng nasa loob niyon sa paningin ko!

Agad akong napatingin kay Nanay at gulat rin ang reaksyon nyang tulad ko.. Kaya naman muli akong pumihit kay Bree at tinanong sya.

"Bunso.. kanino galing ang mga 'to?" malumanay ulit na tanong ko.

"Kuya naman e.. sa kaibigan ko nga po.. Sa kaibigan ko.."

"Sinong kaibigan mo??"

"E-Ehh.."

"Bunso??"

"E-Eh kasi.. Kuya sabi nya wag ko na daw sabihin kung kanino galing ang mga yan e.. s-sabi nya, s-sabihin ko na lang na hulog ng langit ang mga 'to.."

Nagkatinginan kami ni Nanay at hindi pa rin nawawala ang gulat sa mga mata namin..

Kaya naman si Nanay ang lumapit kay bunso at naupo sa harap nito..

"Bunso.. pwede mo bang sabihin kay Nanay kung sinong kaibigan mo ang nagbigay nito?? Para mapasalamatan man lang natin sila.." malumanay na sabi pa sa kanya ni Nanay. Agad naman akong lumapit sa mga plastik at tiningnan yun isa-isa.

"S-Si Ate Taguro po.."

Napahinto ako sa paghalungkat dahil sa narinig kong isinagot ni bunso!

Biglang pumintig ang puso ko at dahan dahan akong napalingon sa kanila!

"U-Ulitin mo nga ang s-sinabi mo.." mariing utos ko pa kay bunso. **"S-Sino kamo y-yung k-kaibigan mo?"**

"S-Si Ate Taguro po.."

S-Si Ate Taguro po..

S-Si Ate Taguro po..

Nagpaulit-ulit sa tenga ko yung sinabi ni bunso..

Napahawak ako sa upuang nandoon dahil pakiramdam ko ay mas nanlambot ang mga tuhod ko dahil sa narinig ko..

S-Si Ate Taguro po..

Nakaramdam ako ng panlulumo kaya naman agad akong napansin ni Nanay.

"Ayos ka lang, Kev??" nag-aalalang tanong nya pa munit hindi ko sya pinansin.

"P-Pano mo nakilala ang Taguro na yan??" tanong ko kay bunso.

"K-Kuya.. wag mo na po akong tanongin kasi ayaw ko na pong sabihin---"

"Pano mo sya nakilala!!!!" hindi ko napigilan ang sumigaw at kitang kita ko ang pagkagulat sa mga mata nila! **"Sinong may sabi sayong manglimos ka ng pagkain mula sa kanila, Bree?!"**

"P-Pero Kuya---"

"Sinong may sabi sayong tumanggap ka ng pagkain mula sa kanila!" sigaw ko pa!

"K-Kuya.." usal nya pa na nagsimulang umiyak!

"Kev... ano bang nangyayari sayo???" suway naman sakin ni Nanay.

~END OF FLASHBACK~

Andami kong gustong tanongin kay Bree! Andami kong gustong malaman!

Pero pano?! Kapag nagsimula akong magtanong ay magsisimula ring magtanong si Nanay! At anong sasabihin ko sa kanya kapag nalaman nyang Moon si Taguro?!

Badtrip! Lumiliit ang mundo ko!

At talagang ipinaparamdam mo saking mayaman ka at eto lang ako! Peste ka sa buhay ko, Taguro!

Muling umaakyat ang galit sa ulo ko at kung anu-anong naiisip ko!

Kahit na hirap kami sa buhay ay hindi ko kailanman naisip na humingi ng tulong sa mga mayayamang tao sa mundo! Dahil bago ko gawin yun, uunahin ko ang Presidente dahil mukhang mas may mapapala pa ako sa kanya kesa sa mga mayayamang yan!

Mabigat ang loob na nagtuloy ako sa paglalakad hanggang sa makarating ako sa bahay..

Naabutan ko si Nanay na nagwawalis sa labas ng bahay..

"Nay.." salubong ko sa kanya at saka nagmano.

Hindi nya ako kinibo at taka naman akong napatingin sa kanya nung tignan nya ako mula ulo hanggang paa.

"B-Bakit po?" takang tanong ko pa.

"Tumalikod ka.."

"P-Po??"

"Tumalikod ka.."

"N-Nay.."

"Tumalikod ka sabi!"

Natigilan ako sa taas ng boses nya kaya naman napapailing na tumalikod ako sa kanya at mas napakapit ng mahigpit sa straps ng bag ko!

Sa bilis ng tibok ng puso ko, tingin ko ay alam ko na kung anong gagawin nya! Nang biglang..

~PAK!~

"A-Araaayy!!" napasigaw ako sa sakit!!!!!

Halos maramdaman ko ang pamumuo ng butil ng luha sa magkabilang gilid ng mga mata ko sa sobrang pagkabigla!

Naipikit ko ng todo ang mga mata ko at napayuko ako sa paanan ko ng biglang hatawin ni Nanay ang pwetan ko!

Kahit ayaw ko ay kusa akong nagpakahiga at napadakot sa lupa habang naghahabol ng hininga sa sakit!!!!

Unti-unti kong hinabol ang sunod sunod na hininga ko at saka ako maluha-luhang tumingin kay Nanay! Kitang kita ko ang ngalit sa mga mata nya kaya naman agad kong pinigilan ang mumunting luhang malapit ng pumatak..

****TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!****

"B-Bakit nyo po ginawa y-yon??" kabadong tanong ko!

Hindi man malakas ang pagkakapalo nya ay sobrang sakit pa rin ng naging epekto nun sa hita ko dahil namamaga at may pasa pa rin ang parteng yun ng katawan ko!

"Hindi ba't ikaw ang dapat kong tanongin nyan?"

Natigilan ako sa tanong nyang yun..

At hindi ako nakasagot..

"Gano ba kahirap para sayo ang mag-aral??" pormal na tanong nya dahilan para mas matigilan ako. Kitang kita ko pa rin ang galit sa mga mata nya kahit ayaw nyang ipakita yun sa mukha nya. **"Gaano kahirap para sayo'ng mag-aral ng mabuti't kailangan mo pang magloko ng ganyan!"** biglang sigaw nya!

Ito ang kauna-unahang beses na sinigawan ako ng Nanay kaya naman hindi ko alam kung paanong sasagot sa kanya!

Pano nya nalaman!?

Hindi pa rin ako nakasagot!

"At kailan ka pa natuto'ng bumarkada??" tanong nya pa at doon ko naiiwas ang paningin ko. Dahan dahan kong inayos ang sarili ko't naupo sa lupa. **"Hirap na hirap ka na sa buhay mo pero mas pinili mo ang bumarkada kesa ang magpakatino???"**

Naramdaman ko ang hinanakit nya..

Naiintindihan ko rin naman sya..

Pero ako ang hindi nyo maintindihan.. Ginagawa ko 'to para sayo, Nay.. Hindi para sa sarili ko..

"Sa pamilya'ng 'to ikaw lang ang kaisa-isang nakakapag-aral---hindi mo ba alam kung gaano kang kaswerte sa lagay mong yan?!" taas-tonong tanong nya. Munit nananatiling nasa usok ng siga ang paningin ko at nagpipigil ng galit para di sya masigawan at masumbatan. **"Gusto'ng gusto ng mga kapatid mong makapag-aral pero si Dainty at baldado habang si Bree ay hindi pumapasa para maging iskolar! Tapos ikaw... ikaw?! Ikaw na inaasahan ko araw-araw!?"**

Don ako nakaramdam ng kaunting guilt..

Tama sya..

Dahil saming lahat..

Ako lang talaga ang maaasahan nya..

Humupa ang namumuong galit sa dibdib ko at napalitan yun ng guilt..

"Anong nangyari sayo Kev?!" parang hindi makapaniwalang tanong nya pa.

Lalo naman akong napatungo at hindi makatingin sa kanya dahil kinakain na ako ng kaba habang pumapatong pa ang guilt na nararamdaman ko..

Ako ba talaga ang mali?? Tsk..

"Hindi kailanman pumasok sa isip kong.. sa ganitong sitwasyon ng buhay mo ay makukuha mo pang sumali sa mga frat frat na ganyan! Dahil kahit uso'ng uso yan.. alam kong hindi mo magagawang sumali sa ganyan dahil ang pagkakakilala ko sayo ay iba! Masyado kang masunurin at di mo kailanman sinira ang tiwala ko sayo.. pero ngayon.. H-Hindi ko na alam kung tama pa ba ang tingin ko sayo.. Disappointed ako sayo.."

Naiangat ko sa kanya ang paningin ko nang sabihin nya yun!

"N-Nay.." naiusal ko.

Bakas pa rin ang galit sa mukha nya munit ramdam ko at alam kong pilit nyang nilalabanan yun dahil ayaw nyang magalit sakin! At naging dahilan yun para mas bumigat ang pakiramdam ko!

Lalong namuo ang mga luha sa mga mata ko at unti-unti kong naramdaman ang pagsisi sa dibdib ko!

"H-Hindi po yun tulad ng iniisip nyo.. H-Hindi ko po 'to ginagawa dahil lang g-gusto kong magmukhang matapang.." pagdadahilan ko at gulat naman akong makitang ngumisi sya ng nakakaloko matapos marinig ang isinagot ko.

"Kung ganon.. bigyan mo ako ng isang magandang dahilan kung bakit *'kinakailangan'* mong sumali sa fraternity??" pormal na tanong nya talaga namang nakatingin ng deretso sa mga mata ko.

Napailing ako habang napapalunok pa bago tumingin sa kanya.

"D-Dahil may gusto a-akong proteksyonan.." napapayukong sagot ko at pinakinggan naman nya iyon.

Napayuko akong muli dahil hindi ko kayang labanan ang talas ng mga titig nya at bukod doon ay hindi ko masabi ang totoo sa mismong mukha nya habang tumitingin sa mga mata nya.

"Proteksyonan??" kunwaring tanong nya pa pero hindi na ako sumagot. **"Sa anong paraan ka naproteksyonan nang pagsali mo sa fraternity na yan at namaga ng ganyan ang binti't hita mo??"**

Hindi ko ipinahalata sa kanya ang pagkagulat ko sa tanong na yun at nanatili akong nakayuko at hindi makatingin sa kanya!

"Hindi sa lahat ng oras ay tama ang mga bagay na tumatakbo sa isip natin, Kev.. Minsan akala natin ay para 'to sa ikabubuti natin pero kapag dumating yung bagay na pagsisisihan natin.. don palang natin malalaman kun tama ba 'to o hindi para satin.." dagdag nya na dumagdag rin sa bigat ng dibdib ko. **"Hindi ako ang Nanay mo.. Hindi ko rin sinabi sayo'ng iturin mo akong tunay na Nanay mo.. pero.."** bumuntong-hininga pa sya dahilan para mapatingin ako sa kanya. **"..hindi ko inaasahang ipaparamdam mo saking hindi ko nagawang alagaan at bantayan kayo ng tama.. kahit bilang pangalawang Nanay man lang.."**

Bumilis ang tibok nang puso ko nung biglang mamuo ang mga luha sa mga mata nya dahilan para mabilis akong mapatayo mula sa pagkakaupo at mapahawak sa mga braso nya!

"N-Nay.." tawag ko sa kanya.. **"S-Sorry.."** pakiusap ko.

Ngumiti sya munit halatang pilit yun..

Nandoon pa rin ang mga namumuong luha sa mga mata nya na lalong bumababa kapag kumukurap sya..

"Kung ako ang nasa sitwasyon mo---pag-iigihan ko nalang ang pag-aaral ko.. Dahil nung panahon ko.. Kinakailangan ko pang manakit ng tao.. mabayaran lang ang matrikula ko.."

Natigilan ako sa sinabi nya..

Munit matapos ang huling linya nyang yun ay mabilis syang tinalikuran ako at pumasok sa loob ng bahay..

Dahil nung panahon ko.. Kinakailangan ko pang manakit ng tao.. mabayaran lang ang matrikula ko..

Dahil nung panahon ko.. Kinakailangan ko pang manakit ng tao.. mabayaran lang ang matrikula ko..

Napatingin ako sa pinto ng bahay namin kung saan pumasok si Nanay..

Pilit kong inaninag pa rin yun kahit wala na sya doon..

A-Anong ibig nyang sabihin??

TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!

Hindi ko maipaliwanag ang bilis ng tibok ng puso ko at ang lakas ng kabog niyon!

MAX'S POV

Dumeretso na ako pauwi pagkagaling kila Sensui..

Munit bago ako bumaba ng motor ko ay muling sumagi sa isip ko yung sinabi nya kanina..

Mahal na mahal kita, Taguro..

Mahal na mahal kita, Taguro..

Napapikit ako sa inis nung muling magpaulit-ulit yun sa tenga ko!

Badtrip!

Muli akong napahawak sa manibela ng motor ko at madiing pinisil yun..

A-Ano bang akala nya sa pagmamahal?! Sing bilis ng hangin!? Peste!

Mabilis kong hinubad ang helmet ko at inis na naglakad papasok ng bahay!

Munit napahinto ako sa mismong pintuan nung bigla kong makita si Maxwell!

Nakaupo sa sofa at nakatingin rin sakin!

Nung mapansin nya ang pagkagulat ko ay agad syang tumayo at tumango sakin.

"I w-was waiting for you.." mahinang usal nya pa.

Hindi ko naman sya sinagot at nilingon ko ang pinanggalingan ko dahil hindi ko napansin ang kotse nya!

Nung makita kong nakapark nga ang kotse nya sa kabilang kalye ay saka ako pumasok sa loob ng bahay..

"Haaaay sa wakas----dumating reeeen!!!" pagpaparinig ni Naih. Napatingin naman ako sa kanya! **"Hindi kami makakain dahil wala ka pa! Ang tagal mo naman?! Ganon ba kahirap ang assignment ni Sensui!?"**

Hindi ko sya sinagot at naupo ako sa sofa at isa-isang hinubad ang mga gamit ko..

"Anong ginagawa mo dito?" tanong ko kay Maxwell habang nakatingin sa sapatos ko.

"H-Hwaga??" mahinang tanong nya.

Translation: Are you angry?

"Ani.." pabalang na sagot ko habang naghuhubad pa rin ng sapatos ko. At saka ko inangat ang paningin ko at deretsong tumingin sa mga mata nya. **"Haengbokhe.."** pilosopong sagot ko at parang napahiya naman sya.

Translation: No.. I'm happy..

"P-Pein.." mahinang tawag nya pa.

Tinignan ko lang sya ng masama at saka napapabuntong-hiningang umakyat ako sa taas..

Sumunod naman sya..

"P-Pein.. I-I'm sorry.." pakiusap nya pa habang nasa pinto ng kwarto ko at pabato ko namang inalapag ang sapatos ko at saka humarap sa kanya.

"Sabihin mo nga sakin.. mababago ba nyan ang nararamdaman ko?" pigil ang galit munit may diing tanong ko. Bakas ang pagkapahiya sa mukha nya at hindi sya nakapagsalita. **"Gano ba kahirap sa inyong sabihin sa isang tao'ng naghahanap ng pagkatao nya ang tunay na pagkatao nya? Mahirap ba talaga sabihin saking may nalalaman ka tungkol sa kanila??"**

"P-Pein.."

"Napag-usapan na natin 'to.. at naging malinaw naman sakin ang mga paliwanag mo.. Hindi mo na kailangang pumunta pa dito para dyan dahil hindi nyan mabubura ang galit na nasa dibdib ko.. Lumayo ka muna sakin.. hindi makakatulong ang pagpunta punta mo dito.." prangkang sabi ko at napabuntong-hininga naman sya.

"I u-understand.. I know that you need space.. I've thought about it but.. I was also thinking na baka sakaling m-magbago ang isip mo.."

"You can go.. take care.." sabi ko na lumapit sa pinto at isinara yun.

King inang buhay 'to kelan ba mauubos ang problema ko? Tss..

~KNOCK! KNOCK!~

Napaupo ako sa kama nung marinig ko ang katok na yun..

"Max??"

Si Naih.

"Oh?" sagot ko.

"Pwedeng pumasok?" tanong nya at hindi na ako sumagot. **"Papasok nako ah??"** tanong nya pa ulit at nahiga naman ako sa kama gamit ang dalawang kamay ko.

Tumitig lang ako sa kisame hanggang sa makapasok sya. Tumabi sya sakin at tinitigan ang mukha ko.

"Umuwi na si Maxwell.." mahinang sabi nya na bumuntong-hininga pa, nanatili naman akong nakatingin sa kisame. **"M-Max.. may problema ba?? Nag-away ba kayo ni Maxwel??"**

Napapikit ako sa tanong nya..

Ramdam ko pa rin sa mukha kong salubong ang kilay ko at dahil yun sa hindi ko mapigilang inis..

Ramdam ko rin ang pamumuo ng mga luha sa mga mata ko at sumisikip ang dibdib ko..

Nung imulat ko ang mga mata ko ay muli akong tumingin sa kisame..

"M-Max.." bakas ang tono ng pag-aalalang tanong nya pa.

"Alam mo bang nakita ko na ang Nanay ko?" tanong ko.

Hindi ako nakatingin sa kanya munit ramdam kong nagulat sya.. Hindi sya nakasagot agad..

"S-Seryoso??" tanong nya at tumingin naman ako sa kanya habang nakahiga pa rin.

"Ang gulo gulo ng utak ko ngayon, Naih.." pigil ang emosyong dagdag ko at bumalatay naman ang pag-aalala sa mukha nya. **"K-Kung dati.. nagagawa kong hindi pansinin ang mga problema at pagkukulang sa buhay ko.. Ngayon pakiramdam ko.. s-sabay sabay silang dumadating.. Hindi na natapos tapos.. twing may mareresolba akong isa ay may kusang dumarating na iba pa.."**

"B-Bakit kasi sinosolo mo, Max??" tanong nya at napabuntong-hininga naman ako. **"Kaya nga ako nandito di ba?? Para pagsabihan mo??"**

"Pakiramdam ko kasi.. mali lahat ang ginagawa ko kapag sa paningin ng ibang tao.. Twing magsasabi ako.. parating sinasabi nilang sana ganito.. sana ganyan.. Hindi ba talaga pwedeng gawin ko ang bagay na gusto ko? Tss.."

"K-Kasi Max.. h-hindi lahat ng ginagawa mo ay tama.."

"Pero hindi rin naman siguro lahat ng ginagawa ko ay mali.." sagot ko at napabuntong-hininga sya. **"Hindi kami nag-away ni Maxwell.. pero nagalit ako sa kanya.."**

"Ha?? B-Bakit?"

"Dahil may nalalaman pala sya tungkol sa Nanay ko.. pero hindi sya nagsabi.. Naiintindihan ko naman ang dahilan nya.. hindi ko lang talaga maiwasang hindi magalit.. kasi yun ang tunay na nararamdaman ko.. Nagagalit ako sa kanya.."

"Ano naman daw ang nalalaman nya tungkol sa Nanay mo? At b-bakit hindi sya nagshare?" tanong nya at kinuwento ko sa kanya ang lahat ng napag-usapan namin ni Maxwell nung gabing yun.

"Para daw sa kapakanan ko.. Baka daw kasi magrebelde ako at maglayas kapag nalaman ko ang tungkol sa nalalaman nya.." bulong ko at saka suminghal. **"Tss.. kalokohan.."**

Napabuntong-hininga sya at saka muling tumingin sakin..

"Naiintindihan kita.. kung ako man ang nasa posisyon mo ay mararamdaman ko rin siguro ang nararamdaman mo ngayon.." pagsang-ayon nya. **"Naiintindihan ko kasi.. masakit yung paglihiman ka sa mga bagay na alam ng mga taong nakapaligid sayong hinahanap mo.."**

Napailing ako at nagtama ang paningin namin..

"Si Heurt.." usal ko at saka bumuntong-hininga. **"Sya ang Nanay ni Gonza.."**

"Oh my God.." napatayo sya sa gulat at nagtakip ng bibig nya. Nanlalaki ang mga mata nya at umiiling pa na animong hindi talaga makapaniwala sa narinig nya. **"Oh my God.."**

Iniiwas ko ang paningin ko sa kanya at saka muling tumingin sa kisame..

"Kilala ko na si Gonza.. bago ko pa sya makilala sa Luna.." dagdag ko pa at nanatili syang gulat at nakikinig sakin. **"Pero kung sino ako.. wala syang ideya.."**

At kinuwento ko sa kanya kung paano kong nakilala at sinundan noon si Heurt..

"Oh my God.." maluhaluha pang usal ni Naih. **"M-Max.. b-bakit hindi mo yan sinabi sakin??"** tanong nya at bumuntong-hininga lang ako. **"Haaaayyy Max!!!!"** nakasimangot pang sigaw nya. **"Huhuhuhu hindi ko alam ang sasabihin ko----pero sang-ayon ako.. Ang gulo gulo nga ng buhay mo!**" malungkot na sabi nya pa munit bakas ang awa sa mga mata nya. Pilit naman akong ngumiti sa kanya at bumangon mula sa pagkakahiga.

"Ewan ko ba.. sa edad kong 'to.. Tss.. kung anu-ano ng naiisip ko.. masyadong pinatatanda ng mga problema ko ang utak ko.." makahulugang usal ko.

"Tsk.. hindi talaga kita masisisi kung bakit ganyan ang ugali mo.." nakangusong sabi nya. **"S-Sana nga Max.. d-dumating yung time na.. matahimik ka na lang sa isang tabi habang ineenjoy ang kabataan mo.."**

"Mmm.. at sisimulan ko na ngayon.."

"Ha??" takang tanong nya.

"Sisimulan ko ng ienjoy ang kabataan ko.."

"Talaga?! Pano?" masayang tanong nya!

"Umalis ka dito at patulugin mo ko.. sa ganong paraan.. maeenjoy ko ang kabataan ko---"

"Psh!"

"Aray!"

BINATUKAN NYA AKO!

"A-Ano ba!" inis na sigaw ko pa!

"Ayan! Yan na yan ka! Seryoso ang usapan biglang babanatan ng kayabangan!" sigaw nya at saka tumayo! **"Hindi ka na ba kakain?!"**

"Kumain na ko ng cake kila Sensui!" sigaw ko sa kanya!

Muli kong naalala yung nangyari kila Sensui kaya mabilis kong hinila sya papaupo sa kama!

"A-Ano ba!" sigaw nya pa sakin nung pabagsak syang napaupo sa kama ko.

"N-Naih.." usal ko pa at taas-kilay namang tinignan nya na ako. **"Di ba kayo na ni Lee?"** tanong ko at nagliwanag naman ang mukha nya!

"A-Ano ka ba! Hahahahaha! Bakit mo ba tinatanong yan?! Hindi ba't nandon ka nung sagotin ko si Lee?? Hehehehehe.. pinilit nya pa nga ako di ba?? *'Zarnaih.. naiinggit ako sa kanila.. Make me happy'*.." panggagaya nya sa sinabi ni Lee. **"Yiiiieee! Aaawww!!! Hahaha! Hindi**

ako makamove on sa kilig! Hanggang ngayon tunaw na tunaw ang bilbil ko sa kilig hahaha!"

Napatingin ako sa kanya at hanggang ngayon ay namumula pa rin sya..

Matamis ang mga ngiti nya habang nakasulyap sa kisame at saka dahan dahang tumingin sakin at napasinghal naman ako sa kanya sabay pasiring na iniwas ang paningin.

"Bakit mo naitanong?" malanding tanong nya pa. **"Gusto mo ikwento ko sayo lahat ng napag-uusapan namin?? Yung mga sweetness---"**

"Hindi ako interesado.." seryosong sagot ko.

"Psh! Oh e bakit nagtanong ka pa!?" inis na tanong nya.

"M-May gusto lang akong malaman.." utal pang sagot ko.

"Ano naman yun!?" taas-kilay pang tanong nya. Napailing naman ako at muling napalunok bago muling tumingin sa kanya at magsalita.

"N-Nag.... *'I l-love y-you'* na ba sayo si L-Lee??" kabadong tanong ko at nanlisik naman ang mga mata nya.

"Bakit mo tinatanong, ha?!"

"Tss.. sagotin mo na lang.."

"Akala ko ba ay hindi ka interesado!?"

"Oo at hindi lang naman ang sagot sa tanong ko.."

"Psh! Oh e bakit mo nga tinanong?!"

"Dahil dyan ako interesado.." mabilis na sagot ko at pinanlisikan na naman nya ako ng mga mata at saka maarteng ngumiti habang kinikilig.

"Hahahahahahahahahahahahaha! Oh my God.. hahaha! Hindi mo alam kung anong naramdaman ko nung----"

"So sinabi na nga nya yun s-sayo??" pigil ko sa pagsasalita nya at nakangiting tumingin sya sakin at nakangiti pa ring tumango!

At saka sya tumayo at itinaas ang dalawang kamay nya at sumayaw na akala mo prinsesa'ng nakagown..

"I love you, Zarnaih! Kyaaaaaaaaa! Yiiie! Hahahaha!" sigaw nya at saka yumakap sa sarili habang sumasayaw pa rin! **"Feeling ko yun ang pinakamasarap na salitang kinain ko hahahahaha! Ang gwapo gwapo ni Lee tapos sasabihan ka ng I love you?! Waaaaaaa!!! Juskoooo hahahahahahahaha! I love you Lord!!!"**

Bakit ako.. h-hindi ganyan?!

'Tsk..

Nakaramdam tuloy ako ng pagkailang habang napapaisip..

Mabilis naman syang naupo sa tabi ko at saka tinignan ako ng masama..

"Hmmmm... aaaaaat baaaaaaket ka naman nagtatanong?!" nakapamewang pang tanong nya.

"A-Anong naramdaman mo n-nung.. s-sinabi yan ni Lee sayo??" tanong ko at mas napangiti naman sya.

"Hahahahahahahahahahahaha! Nobody can stop me! Hahahahaha! Kahit ako?! I can't stop it!"

Inis akong napabuntong-hininga at ngumuso naman sya.

"Engot ka?! Syempre kinilig! Matik ng kikiligin ang tao kapag sinabihan sya ng tao'ng gusto ko mahal nya ng I love you! Timang ka ba?!"

"Tss.." singhal ko sa kanya at saka ngumuso! **"P-Pano nga yung unang unang naramdaman mo??"**

"Ano ka ba naman, Max?!" takang tanong nya! **"Minahal mo naman si Randall noon di ba?!"**

"Mmm.." tango ko pa.

"Nag-I love you rin naman sya siguro sayo, di ba?!"

"M-Mmm..." tango ko pa habang inaalala ang nakaraan.

"Edi kayang kaya mo ng sagotin ang sarili mo! Kung anong naramdaman mong kilig noon nung sinabihan ka ng I love you ni Randall ay ganon rin ang kilig na naramdaman ko nung sinabihan ako ng boyfriend kong si Lee ng I love you! Jusko naman 'to! Ang weird mo, alam mo ba yun!?"

Napailing ako at napabuntong-hininga na naman sa sinabi nya.

"T-Teka nga.." pigil nya pa sakin. **"Don't tell me.. nakalimutan mo na yung feeling na yun!?"**

"E-Eh??"

"Psh! Imposible namang hindi mo alam yung pakiramdam ng kinikilig?!"

"A-Alam ko.. syempre.."

"Oh e bakit ka ganyan?! Ang weird mo lang ngayon---alam mo ba yun!?"

"K-Kasi.. Tsk.."

"Baket?!" takang tanong nya.

Hindi ko maintindihan kung bakit ganon yung naging epekto sakin ni Sensui kanina.. Hindi sya tulad ng dati nung si Randall ang nagbitiw sakin ng mga katagang yun..

Noon.. kaharap ko pa si Randall twing sasabihin nya yun..

Pero ngayon.. nakatalikod ako kay Sensui at hindi ko nakikita ang mga mata nya--lalo na ang mukha nya pero... ramdam na ramdam ko sya..

"Hoy Maxpein!" pumamewang na naman sya. **"Sinabihan ka ni Deib ng I love you noh?!"**

Nahihiyang napatango ako.

"Oh e bakit ganyan ka?! Hahahahaha! Hindi ba dapat ay kiligin ka??" natatawang tanong nya pa.

"H-Hindi ko nga alam e.."

"Ha?! Anong hindi mo alam?!"

"Tsk.. h-hindi ko maintindihan yung naramdaman ko.."

"Ha?! Panong hindi mo maintindihan.."

Huminga ako ng malalim at saka tumingin sa mga mata nya..

"N-Naririnig ko na rin naman yun kay Randall noon at.. ramdam kong natutuwa ako sa twing sasabihin nya sakin yun.. hindi maalis sa mukha ko yung ngiti sa twing sasabihin sakin ni Randall yun n-noon pero.."

"Pero ano?!"

"Yung k-kay S-Sensui.. i-iba e.."

"Oh my God.. p-panong iba??"

"K-Kinabahan ako ng m-matinde nung.. s-sabihin nya sakin yun kanina.. H-Hindi sya nakatingin sakin p-pero r-ramdam na ramdam ko yung f-feelings nya.. N-Nakatalikod ako sa kanya pero parang sa harap ko nya mismo s-sinabe yon.. T-Tapos i-isang beses nya lang s-sinabi sakin yun pero ilang beses nagpapaulit ulit sa p-pandinig ko.." napapatungo pang sabi ko sa kanya. **"H-Hindi ko maintindihan yung naramdaman ko.. p-parang huminto yung p-paghinga ko----"**

"Kyaaaaaaaaaaaaaaaa!"

Gulat akong napatingin sa kanya!

"B-Bakit?!" tanong ko pa!

"Oh my God.."

"W-What?!"

"I think you're in love.."

"Eh?!"

"Oo nga! Maxpein.. trust me.. you're in love!"

"Tss.. kalokohan.."

"A-Ano ka ba! Maniwala ka sakin! Ganyang ganyan rin ako!"

"Yung feeling na nag-eecho sa tenga mo yung sweet lines na sinabi nya!? Kyaaaaa! Yung parang nagfaflashback sa vision mo yung mga magaganda at nakakakilig na moments nyo?! Yiiieee! Yung sa sobrang kaba mo feeling mo hindi ka na kinikilig pero sa twing maiisip mo mangingiti ka na lang kesehodang sangkatutak ang anonymous people sa harap mo!? They can't stop you from smiling dahil kinikilig ka sa mga naiisip---"

"Tss.. hindi ko ginagawa yan.."

"Oo dahil wala kang ginawa kung hindi ang sumeryoso! Salubong ang kilay! Simangot! Singhal! Angas! Letse ka! Kung hindi lang talaga mahaba ang buhok mo---lalaking lalaki ka na!"

"Tss.."

"In love ka nga.."

Napatitig ako sa kanya.

"In denial stage nga lang! Bwahahahahahahahahhaahahahhaha!"

"Tss.."

"Haaaay nako.. kaya pala todo emote ka kanina kasi sinabihan ka ng I love you ni Sensui?!"

"H-Hindi ah.."

"Psh! Mukha mo! Sinong niloko mo!" sigaw nya pa sakin! **"At kaya ka nagkakanda-emote emote dahil naiilang ka sa kanya!"**

"Tss.."

"Kita mo na! Zarnaih is right!!!!"

Bakit ba tinanong tanong ko pa 'tong bwisit na 'to! Tsk!

"Kalokohan yan!"

"Letse ka puro ka kontra! You can't stop me! Dahil ako, iba ang nakakakita sa inyo! Bakit?! Nakikita nyo ba ang mga sarili nyo para masabing hindi totoo kung ano kayo sa nakikita ko?! Ayshuuuuuu! In denial ka kasi! Hindi mo matanggap sa sarili mong naiinlove ka na rin kay Sensui! Hahahahahahaha! OMG.. sa wakas!!! Ang aming Maxpein ay naka-move on na sa wakas!!!! You're in love! Thank you Lord! She's in love!"

"In love?! Ako!?" tanong ko na nakaturo pa sa mukha ko.

"Yesssss!!! But you're a great pretender hahahahahahaha!"

"Tss.. kung in love ako ngayon kay S-Sensui.. A-Ano yung naramdaman kong *'love'* kay Randall noon?!"

"Tuleg! Tuleg ka! Tuleg! Hindi ka lang naman isang beses magmamahal, noh! Sa itatagal mo sa mundong 'to! Hindi lang iisang tao ang mamahalin mo! Ang tao---kapag nasaktan.. makakamove on yan at magmamahal ng panibago! May mamahalin kang hindi matatapatan yung naramdaman mo kay Randall pero may mamahalin ka ring mas hihigit pa sa pagmamahal mo kay Randall!"

"Tss.. at anong alam mo dyan? E si Lee pa lang naman ang nagiging boyfriend mo?"

"Ouch! Maxpein! Ouch!" OA na sabi nya habang nakahawak pa sa dibdib nya! **"Si Lee pa lang ang naging boyfriend ko pero hindi ibig sabihin nun ay wala na akong alam sa ganyan! Ano ka ba naman?! Tao ka pa ba?! Patingin nga ng mukha mo?! Baka nabibilang ka don sa mga sinaunang tao! Letse ka!"**

"Tss.."

"In love ka nga, Max! In love ka na!"

"Tss.."

"Hindi ko naman kasi maintindihan sayo kung bakit nagrurururuma-Randall ka pa----kung pwede namang si Deib na lang?! Bakit ba hindi ka na lang mag-move on dahil may syota na sya?! Di ba?! Ngayon mo pakiramdaman ang sarili mo! Baka masyado mo lang kinarir yung pagiging brokenhearted mo't nag-iinarte ka na lang! Mapanindigan mo lang yang cold personality due to heartbreak mo!!" mapang-asar pang dagdag nya!

"H-Hindi ko nga alam.. nalilito ako.."

"Pakinggan mo kasi ang puso mo.."

"Tss.. hindi nagsasalita ang puso ko.."

"Oh my God! Hindi ko akalaing yung yabang at talino mo'ng yan?! Simple'ng idiomatic expression hindi mo magets?! Ayyy.. jusko po!"

"Ibig kong sabihin ay alamin mo kung saan sang-ayon ang puso mo---kung saan payag ang puso mo---anong gusto ng puso mo! Malalaman mo naman kung gusto mo o hindi ang isang bagay o ang isang tao, di ba?! Kapag gusto mo---ibig sabihin sinasabi ng puso mo'ng gusto mo yun! Kapag ayaw mo---edi tatanggi rin ang puso mo! Ganon kasimple! Jusko! In love ka nga.. walang halong tokshiiiit.. in love ka nga.." tatangu-tango pang sabi nya! **"Ang tao'ng in love.. nawawala sa katinuan e?! Tignan mo ko.. maya't mayang nabubuang!"**

"Pinanganak ka na talagang buang.."

"Dahil pinanganak ako.. para mainlove sa isang gwapo'ng Lee Roi Gozon hahahahahaha.. Letse.. eto yung gabi gabi kong pinapanaginipan e.. Yung makatuluyan ang lalaking nuknukan ng gwapo at gusto'ng gusto ko hahahahahahahaha!"

"Alam na ba ni Yaz yan?"

"Eh?! Bakit?! Kailangan pa ba nyang malaman?! Psh!"

"Oo naman.."

"Hindi na.."

"Tss.."

"Oh e bakit ikaw?! Alam na ba ni Maxwell na kayo na?!"

Hindi ko sya sinagot..

"Teka.. may balak ka nga bang ipaalam sa pamilya mo ang tungkol sa inyo ni Deib!?"

"Meron naman.."

"Nice! Oo! Tutal.. mukhang boto naman sila sa inyo hehehehe!"

"Pero hindi pa ngayon.."

"Wala namang nagmamadali sayo hahahaha! Ako rin.. ipapakilala ko si Lee sa parents ko hehehehehe!" sabi nya pa at hindi na ako kumibo. Tumayo ako at kinuha ang towel ko. **"Hindi ka na ba magdidinner?"**

"Hindi na.. busog nako.. Gusto ko ng matulog.."

"O sige.. pero kung magutom ka.. kakain kami ni Ate sa baba.. Sige sige.."

"Geh.."

Pagkalabas nya ay saka ako nagsindi ng sigarilyo at dumungaw sa bintana ko..

Mahal na mahal kita, Taguro..

Pakiramdam ko ay nasa likod ko sya ngayon at binubulong yon!

In love na nga ba ako??

Hindi na ako nag-isip at naligo na lang ako at natulog..

♥ K ♥ I ♥ N ♥ A ♥ B ♥ U ♥ K ♥ A ♥ S ♥ A ♥ N ♥

DEIB'S POV

"Haaaaayyy! Ang sarap gumising hahahahahahahahahahahaaha!!!!" napapailing pa ako sa sobrang sarap ng pakiramdam ko.

Kinuha ko ang cellphone ko..

Wala man lang syang text! Sobrang sweet mo talaga Taguro! Sobrang sweet! Nakakamatay ang pagiging sweet mo! Tsk!

Nakanguso akong binuksan ang huling text nya nung isang araw pa..

Tch! Bakit ba ganito 'tong babae'ng 'to?! Tsk!

Pero ganon pa man..

"Hahahahaahahaha! Gustong gusto ko talaga sya!!!"

Suminghap pa ako ng hangin at saka nakangiting bumangon at tumuloy sa washroom at naligo..

Pagbaba ko.. Lahat sila ay nagbebreakfast na..

"Good morning!" nakangiting bati ko sa kanila.

"Good morning, baby.. Hihihihihi!" si Mom.

"Hi Mom!"

"Mmm.. mukhang masaya ka ah?" tanong ni Noona na nasa dyaryo ang paningin.

"Nabuhay ata ako para maging masaya.. hahahahahahahahahaha!" sabi ko pa at saka nagtuloy pababa ay humalik isa-isa sa kanila**. "Good morning Manang! You're so sexy!"**

"Ay sus! Ang bata'ng ito talaga.." natatawang sabi pa ni Manang.

"Binata, Manang.. Binata.."

"Ayy oo nga pala hahahahahaha! Binatang binata ka na ngang talaga!"

"Oo naman yes!" sabi ko na pinalo pa kunwari ang dibdib ko at saka ako naupo**. "Hahahahahaha! Ang sarap sarap gumising sa umaga ng may hotdog na nakahain! Tara kain!"**

"Para kang baliw.." si Noona.

Aga aga.. Tsk tsk..

"Wag ka masyadong magpakasaya't baka lungkot ang kapalit nyan.." nakangiwing dagdag nya pa.

"You know what?!" inis na tanong ko sa mismong mukha nya! **"Ang aga aga mukhang stressed na stressed ka?! Kinakain mo ba ang stress?? Bakit hindi ka magjogging para mabawasan!? Ang taba mo na e!"**

"Psh! Shut up!" inis na sigaw nya sakin at saka ibinaba ang dyaryo'ng hawak nya! **"Tell me.. *'sino'* naman ang nagpapasaya sayo!"**

"Hahahahahah kailangan pa bang itanong yan ha, Noona?!" nakangising tanong ko sa kanya.

"Ang tanong e.. *'sinagot'* ka na ba?!" natatawang tanong nya pa!

"E kung sabihin ko sayong... *'oo'*??? Hahahaha!"

"Oh my God.." bulong pa ni Noona. **"H-Hindi nga?!"**

"Hahahahhaha!" tawa lang ang isinagot ko sa kanya!

"Hindi nga?!"

"Hahahahahhaha!"

"Hindi nga, Deib?!"

"Hahahhaha----"

~PAK!!~

"A-Aray!!!!" sigaw ko sa kanya sa lakas ng batok nya!

"Dein???" suway sa kanya ni Dad.

"Psh! Tinatanong ka ng maayos---sumagot ka ng maayos!" sigaw ni Noona na hindi pinansin si Dad!

"Sasagotin ka ng maayos kung hindi ka mambabatok!" nakangusong sigaw ko rin sa kanya!

"Ano!? Sinagot ka na ba?!" parang galit pang tanong nya!

Ngumisi naman ako sa kanya at saka bumungisngis!

"Hehehe.." nakangising tawa ka.

"Psh! You're crazy!"

"Crazy in love---yes!"

"Ha!" singhal nya pa. **"Congratulations then.. Mukhang twice kang nagchampion.."** nakangisi pang sabi nya at saka sinimulang kumain. Ngumisi lang ako sa kanya at saka kumindat kay Mom. **"Mamaya ay dadaan kami ni Randall sa inyo.."**

"Bakit!?" pigil ang inis na tanong ko!

"Bakit hindi!?" nanlalaki ang mga matang tanong nya at saka muling sumubo. **"Sabay tayong maglunch.. Wala kaming klase at duty pareho.. Sasamahan nya lang akong magpatahi ng bagong uniform.."**

"Tch.."

"I gained weight... kailangan kong magpatahi ng bagong uniform---"

"Dieta! Magdieta ka! Tch!"

"I said shut.. up.."

Nginisian ko lang sya at saka nagtuloy kumain..

~BRIZK! BRIZK!~

Dali dali kong kinuha ang cellphone ko at tinignan yun..

Si Taguro my one and only! Yeah!

Nakangiting binasa ko ang text message nya..

One Message Received

~♥♥♥Taguro♥♥♥~

Woi.. papasok nako..

Ingat ka pagpasok..
See you..
7:30am

dO___Ob

Ang aga naman nyang pumasok ngayon!? Mauunahan nya pa ata ako!

Compose Message
~♥♥♥Taguro♥♥♥~
Babe, ang aga mo
naman yatang pumasok
ngayon? Hehehehe!
Nagbreakfast ka na ba?
Message Sent!

Maya maya pa...

One Message Received
~♥♥♥Taguro♥♥♥~
Hindi naman..
Nasa bahay pa ako..
7:31am

Compose Message
~♥♥♥Taguro♥♥♥~
Ahh talaga?
Edi magkakasabay rin
tayo papasok???
Message Sent!

One Message Received
~♥♥♥Taguro♥♥♥~
Malay mo.. d^_^b
7:32am

Compose Message
~♥♥♥Taguro♥♥♥~
Kita tayo sa parking..
Hehehehehehe!
Para umaga pa lang..
Buo na araw ko hehe!
Nagbreakfast ka na??
Message Sent!

One Message Received
~♥♥♥Taguro♥♥♥~
Nagbebreakfast pa lang..
Papasok na kami after..
7:33am
Compose Message
~♥♥♥Taguro♥♥♥~
Hehehehe ganon ba?
Sige.. iisipin ko nalang..
Sabay tayong nagbe-
breakfast.. Para sweet..
d=))) ♥
Message Sent!
One Message Recived..
Ang sipag nyang magreply ngayon hahaha! Bawing bawi talaga! Tsk!
Taguro.. Taguro.. Taguro.. Hehehe!!!!
Dahan dahan ko pang binuksan yun habang nakangiti..
One Message Received
~♥♥♥Taguro♥♥♥~
Okay.
7:35am
Sana pala hindi ko na lang pinansin.. nausog pa! Amp!
Dali dali kong tinapos ang pagkain ko at saka nagpaalam sa kanila!
"Bye, Mom.. Dad.. Manang!" sigaw ko at saka naglakad papalabas ng pinto. **"Pasok na po ko!"**
"Ingat baby!" dinig kong sigaw ni Mom.
"Hoy! Mamaya ah! Sabay tayong maglunch!" sigaw naman ni Noona!
"Bahala ka sa buhay mo heheheh!" sigaw ko rin at saka tuluyang lumabas at sumakay sa kotse ko.
In-on ko ang music player ko at saka in-start ang kotse ko..
Inilabas ko ang cellphone ko at saka idinial ang number ni Taguro..
"Mmm??" mabilis na sagot nya!
Isang ring lang ah!?
"Hinihintay mo ba ang tawag ko?!" nanunuksong tanong ko.
"Eh!?"
"Isang ring lang kasi--sinagot mo na.. Kaya tinatanong kita kung hinihintay mo ang tawag ko?"

"Tss.. asa.."

"Sus! Hahahahaha! Magpakatotoo ka naman kahit minsan Taguro!"

"May katext kasi ako.."

Agad nagsalubong ang kilay ko at saka napatingin sa manibela ko!

"S-Sinong katext mo??" tanong ko.

"Bakit mo tinatanong?"

"S-Sino ngang katext mo?"

"Sikretong malupet.."

"Tsk! Sabihin mo sakin.. sinong katext mo!?"

"Woi.. parte ba ng pagiging girlfriend mo ang alamin lahat ng ginagawa ko----"

"Oo! Kaya sabihin mo sakin---sinong katext mo?!"

"Tss.. magkita na lang sa school.. Ingat ka--bye.."

~TOOT! TOOT! TOOT!~

Inis akong napatingin sa cellphone ko!

Tsk! Loko yun ah! Ako nga walang katext na iba tapos sya...

Aaaaaiiissssh!!!!!!

Inis akong ibinato sa tabi ko ang cellphone ko at saka nagdrive papasok!

Bahala ka sa buhay mo! Hindi kita hihintayin!

At salubong ang kilay na nagdrive ako papasok!

BIS Parking Lot.

Dahan dahan akong bumaba ng kotse ko at naglakad papunta sa parking nila Taguro..

Wala pa sila..

Inis akong tumalikod papalakad ng biglang..

~BRRRRROOOOOOM!!!!~

~BRRRRROOOOOM!!!!~

Mabilis na nagpark si Taguro at Parrot at saka mabilis ring naghubad ng helmet at lumapit sakin!

"Oh.. hinintay mo pa ako?"

Inis akong napatingin kay Taguro sa tanong nyang yun!

"A-Anong hinintay!? Tch! Asa!" inis na sagot ko sa kanya!

"Oh e anong ginagawa mo dito?"

"K-Kararating rating ko lang rin!" inis na sagot ko at taka naman syang sumulyap sa kotse ko at saka muling tumingin sakin!

"Dito ba sa parking ko ang daan papasok??" sarkastikong tanong nya!

~TAP! TAP!~

"Tsk tsk.. miss na miss??" sarkastikong tanong ni Parrot na tinapik pa ako sa balikat! **"Tara pasok!"** sabi nya na sumenyas pa papasok!

Inis naman akong tumingin kay Taguro!

"S-Sinong katext mo ha?!" inis na tanong ko ulit. Ngumisi naman sya.

"Kunsensya ko.."

"H-Ha?!"

"Tss.." singhal nya at saka nilampasan ako at naglakad pasunod kay Parrot!

"H-Hoy! Hintayin mo ko!" sigaw ko sa kanya at padabog na sumunod! **"S-Sabihin mo na kasi sakin.."** bulong ko pa kay Taguro.

"Wala yun.."

"Tsk! Kung wala yun e bakit hindi mo masabi?"

"Kelangan ba talagang lahat alam mo?"

"Hangga't maaari oo.."

"Pwes hindi pwede sakin yun.."

Natigilan ako hindi dahil sa sinabi nya..

Kundi sa sobrang seryoso ng mukha nya!

Napapangusong sumunod na lang ako sa kanya at hindi na nagpumilit pa..

"Galingan mo sa assignment mo.." bulong nya pa at hindi ko naman sya sinagot. **"Kapag mataas ang nakuha mo.. kahit araw-araw tuturuan kita.."** nakangiting sabi nya pa at hindi pa rin ako sumagot.

Padabog pa rin akong naglakad habang nakanguso at iniiwas ang tingin sa kanya!

Pilit kong ipinaparamdam sa kanyang galit ako!

Hanggang sa marating namin ang building namin..

Nauna ng nakaakyat si Parrot.

"Oh my God.."

"Ang sweet nila huhuhu.."

"Look, Daisy.. they're together.."

"Sila na nga kasi.."

"Pero Jhackie, bakit parang magkaaway sila??"

"Ha?!"

"Tignan mo, Noriel.. parang magkalayo sila.."

"Oo nga, Essie.. tignan mo.. parang nakasimagot pa si Deib.."

"Ano ba yan.. ke bago bago--away agad.."

Inis akong tinignan yung mga babae'ng nagbubulungan at nagitla naman sila at isa-isang nagsipagpasukan sa mga classrooms nila!

At saka ako nagtuloy sa pag-akyat hanggang sa marating ang floor ko..

"D-Dito nako.." nakangusong sabi ko habang nakapasok ang dalawang kamay sa magkabilang bulsa ko.

Huminto naman sya sa paglalakad at saka tumingin sakin..

Pero hindi ko sya tinignan!

"Tss.." singhal nya at..

NAGTULOY SA PAG-AKYAT

'Grrrrrraaaa!!!!!!!!'

PESTEEEEEE!!!! Tsk!

Mangiyak ngiyak akong pumasok sa room namin at walang pinansin maski isa! MASKI ISA!!!!!!!!!

DISCUSS.

DISCUSS.

DISCUSS.

DISCUSS.

~RIIING!~

LUNCH BREAK!

~BRIZK! BRIZK!~

Kinuha ko ang cellphone ko nung magvibrate yun sa bulsa ko.

~Noona Calling. . . ~

"Hello?" sagot ko.

"Nandito kami sa Canteen nyo.. let's have lunch.."

"Mmm.. pababa na ako.." walang ganang sagot ko at saka ibinaba yun.

"Mr. Enrile?"

Napatingin ako kay Miss Agaser nung tawagin nya ako.

"Congrats.. Ikaw ang highest.."

"M-Miss??"

"Ikaw ang highest.. Good job! Sana magtuloy tuloy na.." nakangiting sabi ni Miss Agaser at saka lumabas ng room!

~CLAP! CLAP! CLAP! CLAP!~

Dinig ko ang palakpakan ng mga classmates ko pero nanatili akong gulat!

"Anak ng... highest?! Perstaym!!!!" pang-aasar sakin ni Tob na umakbay sakin at ginulo ang buhok ko! **"Hahahahahahahahaha! Ang lupet namang teacher ni Taguro??"** bulong nya pa!

"Nice, Deib.. This is unexpected hahahaha.. I expected you to pass, though.. Haha!" si Lee.

Napapailing akong naglakad papalabas ng room na yun at lutang hanggang makarating sa Canteen.

"Deib! Here!" dinig kong sigaw ni Noona kaya naman nilingon ko sya. Nakangiti syang kumaway sakin.

At nung makita ko si Randall..

Napabuntong-hininga ako.. Kaya naman walang ganang naglakad ako papalapit sa kanila.

"Hi Tob! Hi Lee!" bati pa ni Noona sa kanila.

"Hi Dein.." bati nung dalawa at saka naupo. **"Hey, bro.."** bati nila kay Randall.

"Hey.." si Randall.

"Sabay sabay na tayong maglunch.." nakangiting sabi pa ni Noona at saka tumingin sakin. **"Oh bakit nakasimangot ka??"** natatawang tanong nya at iniwas ko naman ang paningin ko sa kanya.

"Hon, excuse me.. may phone call.." biglang tayo si Randall at tinanguan naman sya ni Noona.

"Anong meron?" tanong ni Tob.

"Ahh wala.. wala kasi kaming pasok at dumaan lang talaga kami dito.. Galing kasi kami sa patahian.. Sinabi ko naman na kanina kay Deib na dadaan kami.. hindi nya ba nabanggit?" tanong pa ni Noona sa kanila at umiling naman sila kaya bumaling sakin si Noona. **"Oh?? Hindi mo yata kasama yung dahilan mo para habang-buhay kang masaya??"** natatawang tanong nya pa kaya naman inis akong tumingin sa kanya.

"Sumadya ka ba dito para lang mang-asar?" inis na tanong ko.

"Ayy.. anong nangyari sa mga ngiti mo kanina?! Hahahahaha! Bakit mainit ang ulo nito?!" tanong ni Noona kila Tob.

"Hahahahaha! Anong nangyari sayo, dre?!" si Tob. **"Hindi ba dapat maging masaya ka?! Highest e.."**

"Huh? Highest san??" takang tanong ni Noona. **"Eat your food, Deib.."**

"Sya yung highest sa recitation at assignment namin kanina..." si Lee.

"Yeah!? For real?!"

"Mmm.."

"Woooooww! I'm so proud of you dongsaeng!" bati nya pa! **"Oh e bakit nga nakabusangot ka?!"**

Inis akong inilabas ang cellphone ko at idinial ang number ni Taguro.

~TOOT! TOOT! TOOT!~

Napatingin ako sa cellphone ko at muling idinial yun..

~TOOT! TOOT! TOOT!~

Inis akong nilingon si Randall at eksaktong ibinaba nya ang cellphone nya at saka naglakad pabalik sa table namin! Napansin nyang nakatingin ako sa kanya kaya naman mabilis kong iniiwas ang paningin ko nung tumingin sya sakin!

Hindi ko maintindihan ang biglang inis na nangibabaw sa kalooban ko!

Magkausap kaya sila?? Tsk.. Papatayin mo ko sa selos, Taguro..

"Oh.. eto na pala sila Max e.." si Tob. Pero hindi ko nilingon ang entrance kahit lahat pa sila ay nakatingin don. **"Michiko!!!"** sigaw ni Tob at saka tumingin kay Noona. **"Dein.. I want you to meet my girlfriend.."**

"Ahh talaga!? Sige.. Where is she??" excited pang tanong ni Noona. Eksaktong lapit naman nila Michiko. Mabilis na tumayo si Tob at inabot ang kamay ni Michiko.

"Ahh.. Dein.. Randall.. Girlfriend ko.. si Michiko hehehehehehe!" pakilala ni Tob.

"Yiiieee! Helloooo po!!!" si Michiko.

"Hi! Ahhh you look so cute! Nice to meet you, Michiko.. Have a seat.. join us.." yaya pa ni Noona sa kanila. Naupo sila Migz, BJ at Parrot sa harap ko kaya naman nasilayan ko ang nakatayo pa ring si Taguro. **"Oh.. Maxpein.."** biglang tawag sa kanya ni Noona at tinignan naman sya ni Taguro. **"Come and join us.."**

Tumingin naman sakin si Taguro kaya mabilis kong iniiwas sa kanya ang paningin ko..

"Aren't you going to give her a seat??" tanong pa ni Noona kaya naman natinag ako.

"Here.."

Gulat akong napatingin nung biglang tumayo si Randall at iabot ang upuan nya kay Taguro!!! Biglang nagsalubong ang kilay ko at pinanood si Randall na kumuha ng panibagong upuan at bumalik sa table namin!

Inis akong tumayo sa pagkakaupo at kinuha ang upuang binigay ni Randall kay Taguro!

"Dito ka maupo.." sabi ko kay Taguro at saka inalalayan syang maupo sa upuan ko at saka ko hinila ang upuang inabot ni Randall at ako ang naupo doon!

Lahat naman sila ay takang tumingin sakin pero hindi ko sila pinansin.

"Anong gusto mo?" pormal na tanong ko kay Taguro, blangko naman ang mukhang tumingin sya sakin.

"Mmm.. I thought, I've ordered enough.. Would you like to have some more, Maxpein??" si Noona.

"No.. thank you.." pormal na sagot ni Taguro at saka tumingin sa mga pagkain. Mabilis naman akong kumuha ng plate at saka ibinigay sa kanya. **"A-Ako na.."** sabi nya pa at saka naglagay ng foods sa plate nya.

Napabuntong-hininga ako at pilit kong nilalabanan ang galit na namumuo sa loob loob ko.. Sila sila na lang ang nagkwentuhan habang kumakain kami at kaming dalawa ni Taguro ay nananatiling tahimik sa kabila ng pag-uusap ng lahat! Alam kong napapansin nila ang pagiging tahimik namin pero hindi na lang nila sinisita dahil ramdam nila ang tensyon sa pagitan ng bawat isa.. Nung matapos kaming maglunch ay agad ring nagpaalam sila Noona na uuwi na kaya naman nakahinga na ulit ako ng maluwag..

Sabay kaming naglalakad ni Taguro pabalik sa locker ng walang pansinan! Nauna na ang mga kasama namin dahil paniguradong alam nila kung anong meron kami ni Taguro ngayon.. Hindi ko na sya kinibo at hindi na rin naman sya kumibo! Gusto kong malaman ang laman ng isip nya pero ayaw kong magtanong dahil masama ang loob ko!

Nagseselos ako!

Kaya naman mabilis kong kinuha ang mga gamit ko at pabagsak na isinara ang locker ko at saka naglakad pabalik.. Pero bago pa man ako lumampas sa kanya ay huminto ako sa likuran nya..

"P-Pasok nako.." mahinang usal ko pa at saka naglakad-----

Natigilan ako..

At saka ko dahan dahang ibinaba ang paningin ko sa kamay ko....NA BIGLANG HINAWAKAN NI TAGURO!

Napatingin ako sa kanya..

Nagtama ang paningin namin at hindi ko na naman maipaliwanag ang nararamdaman ko..

"Wag kang mag-alala.." mahinang usal nya at taka naman akong napatitig sa kanya. **"Ganito lang ako pero.. hindi ko hahayaang pagsisihan mong minahal mo ko.."** mahinang usal nya habang nakatingin

sa mga mata ko at saka dahan dahang binitiwan ang kamay ko at naglakad papalayo..

Taguro..

Hindi ko maintindihan pero kusang ngumiti ang mukha ko habang pinagmamasdan sya papalayo..

DISCUSS.

DISCUSS.

BREAK.

Mabilis akong bumaba sa Canteen kasabay nila Lee.

"Hahaha pucha dre, pare-pareho naman tayong inspired pero bakit parang luging lugi tayo dito ke Deib!?" natatawang tanong ni Tob kay Lee.

Inaasar nila ako dahil ultimong sa Math ay ako ang highest sa quiz..

~BLAAG!!!!!~

"Deib!" si Lee!

"D-Deib!" si Tob!

Dinig ko ang pagtawag nila pero hindi ko nagawang makasagot dahil sa hilo!!!!

MAY PUMALO SA ULO KO!

"Gago ka Choco!!!!" dinig kong sigaw ni Tob!

~PAAAAAAAAAK!~

~PAAAAAAAAAK!~

~BLAAAAAAGG!~

~KABLAAAAAAG!~

Dinig na dinig ko ang karambulan ng mga gamit sa paligid ko pero dahil ramdam na ramdam ko pa rin ang hilo ko ay hindi ko magawang imulat ang mga mata ko!!!

"Gago ka!" sigaw pa ni Tob!

~BLAAAAAAAAAAG!~

"A-Ahhh!!!" napasigaw pa ako nung biglang may madiing dumaklot sa panga ko dahilan para mapatayo ako at dahan dahang iminulat ko ang mga mata ko! Agad na hinanap ng mga mata ko sina Lee at Tob at gulat na gulat akong makitang pareho na silang nasa sahig at uubo ubo habang nakahawak sa mga tiyan nila!

"Kung inaakala nyong natatakot ako sa inyo ay nagkakamali kayo! Hindi tayo dito matatapos, Enrile!" mahina munit madiing sabi ni Choco sa mismong mukha ko! **"Pasensya na kung na-late ang pagbawi ko sa**

ginawa mo sakin nung hule.." sabi nya pa at saka inalayo ang mukha ko at bumwelong sasapakin ako!!!

AGAD KONG NAIPIKIT ANG MGA MATA KO!

"**Deeeeeeiiibb!!!!!!!!**" sigaw pa ni Tob!!!!

Pigil ang hiningang inantay kong dumapo ang kamao nya sa mukha ko!!!!

Pero ilang segundo na ay wala pa! Kaya naman dahan dahan kong iminulat ang mata ko..

Kitang kita ko ang isang pamilyar na kamay ang nanginginig na pumipigil sa nanginginig ring kamao ni Choco!

Dahan dahan kong inilingon sa tagiliran ko ang mga mata ko!

SI TAGURO!

T-Taguro..' gusto kong iusal munit kakaiba ang daloy ng dugo sa ulo ko! Hilong hilo ako! Pakiramdam ko ay may tumutulo sa ulo noo ko!

"**Bitiwan mo sya..**" malumanay na sabi ni Taguro.

"**Ha! Ngayon lang ako nakakita ng magsyota'ng babae ang nagliligtas sa lalaki?!**" sarkastikong sabi ni Choco at saka ibinagsak ako sa sahig!

Binitiwan naman sya ni Taguro at saka dahan dahang niyuko ako at inabot ang magkabilang kamay ko.. Tumingin ako sa mga mata nya at kitang kita ko ang pagdoble ng paningin ko kaya naman napapikit ako..

"**N-Nahihilo ako..**" usal ko pa at binitiwan nya ang dalawang kamay ko.

Nung hindi sumagot si Taguro sa sinabi ko ay dahan dahan kong imunulat ang mga mata ko at kitang kita ko ang salubong na kilay nya.. Dahan dahan syang sumiring sakin at tumingin sa tagiliran nya.. Kitang kita kong hinawakan ni Choco si Tob sa kwelyo!

Dahan dahang tumayo si Taguro at lumapit kay Taguro..

"**D-Deib.. Ayos ka lang!?**" biglang lapit sakin ni Parrot!

"**S-Si Taguro..**"

"**Anong nangyari?!**" nag-aalala pang tanong nya at saka liningon si Taguro!

Hinila ni Taguro si Choco dahilan para mabitiwan nito si Tob at eksaktong pagharap ni Choco ay...

~BBBLLAGGGG!!!!!!!~

Malakas na sinapak sya ni Taguro!

MALAKAS na SAPAK!

At hindi pa nakuntento si Taguro! Nilapitan nya ulit si Choco at saka hinawakan sa kwelyo at tinulungang tumayo at...

~BBBLLLLLLAAAAGGGG!!!!!!!~

"M-Max! Tama na yan!" sigaw ni Parrot! Pero hindi sya nagpatinag! Muli nyang itinayo si Choco at...

~BBBLLLLLLAAAAAGGGG!!!!!!!~

Hindi ako makapaniwala sa lakas ng suntok nya! Hindi ko naisip na sa liit ng kamao nya ay magagawa nyang magpatumba ng isang tao'ng sing laki ni Choco!

Ito na ba yung sinasabi mo?? Na hindi ka gangster pero nananakit ka ng tao?!

Ayokong paniwalaan ang nakikita ko! Kahit na kitang kita ko na mismo sa harap ko ay ayaw kong paniwalaan ang nakikita ko!

Muli nyang dinaklot ang kwelyo ni Choco at itinayo ito! Pikit na ang isang mata nya at dumudugo na ang nguso't ilong nya! Munit nagagawa nya pa ring ngisian si Taguro! Bakas ang galit sa mukha ni Taguro nung hawakan nya ng magkabilang kamay nya ang kwelyo ni Choco!

"D-Don't touch me! Y-You'll pay for this!" galit talagang sigaw ni Choco sa kanya! **"I swear you'll gonna pay for this!"** diin pa ni Choco! **"Pagsisisihan mong ginagawa mo 'to!"**

"Do you always talk this much before you do it?!" mayabang na tanong pa ni Taguro. **"You're weak.."** pigil ang galit na sagot sa kanya ni Taguro. **"But you survive.. because you're being protected by your kids.."** ngingisi ngisi pang dagdag ni Taguro at saka sumeryoso. **"Wag mong sisimutin ang pasensya ko sayo Choco.. dahil hindi mo pa nakikita ang tunay na ako.. Ako na kahit kelan ay hindi mo matatapatan dahil wala ka pa sa kalahati ng proseso'ng pinagdaanan ko.. Kapag sinaktan kita---maski aray hindi mo maisisigaw dahil mahihirapan ka.."** at saka sya binitiwan ni Taguro!

Natahimik ang lahat ng nanonood at bakas ang takot sa mga mata at kilos nila!

Hindi ko maipaliwanag ang kabang nararamdaman ko..

Munit mas hindi ko mapaniwalaan ang mga nakita ko..

OceanofPDF.com

CHAPTER 128

MAX'S POV

Matapos nung nangyari sa Canteen ay mabilis naming dinala si Sensui sa Clinic..

~FLASHBACK~

"Okay Class, dismiss! I'll see you tomorrow! Enjoy your lunch.." sabi ni Miss Ombre at saka lumabas.

Agad ko namang inayos ang gamit ko at saka tumayo..

"Huy.." bulong sakin ni Naih at saka tumabi, sinulyapan ko naman sya at saka isinukbit ang bag ko. **"Hindi kayo *'good'* ni Sensui noh??"**

"Bakit?"

"Psh.. halata naman kaya.." bulong nya pa. **"Tsk.. paniguradong nagselos kay Randall yun kanina.."** nakangusong bulong nya. **"Huhuhuhuhu.. nakakahawa yung lungkot ni Deib.. huhuhu.. feeling ko nasasaktan ako kapag nagseselos sya..."**

"A-Ano bang sinasabi mo dyan!?" inis na tanong ko sa kanya!

"Hala sya! S-Sinasabi ko lang na *'feeling'* ko nasasaktan rin ako kapag nagsese---"

"Geh ulitin mo pa.." inis na sabi ko sa kanya!

"E bakit ba nagagalit ka?!"

Hindi ko sya pinansin at naglakad ako papalabas.

"Hoy! Hintayin mo naman kami! Gutom na gutom?!" sigaw pa nya pero hindi ko na sya pinansin.

Agad akong naglakad sa hallway ng biglang nagdatingan sila Mac..

"Idol! Idol!" si Mac. Napatingin naman ako sa kanya. **"S-Si D-Deib!"**

Ano na naman?

"Oh?" pormal na tanong ko.

"Si D-Deib! Niresbakan ni Choco!"

Ramdam ko ang pagsalubong ng mga kilay ko nung marinig ko yun kaya naman medyo nagmadali akong bumaba..

Medyo lang..

At saka lang ako nagmadali nung makita kong akmang sasapakin ni Choco habang hawak hawak ang panga ni Sensui!

~PLASK!~

Sinalo ko ang kamao nya habang nanginginig pa yun..

~END OF FLASHBACK~

Hindi ko maintindihan ang inis na nararamdaman ko!

Nabubuset ako sa pesteng Choco na yun! Kung pwede lang kitang katayin ngayon, ginawa ko na!

Napatingin ako kay Sensui at sa maliit na sugat nya sa noo..

Nananatiling nakatingin sya sa Nurse na gumagamot doon pero..

Hindi ko maiwasang mag-alala..

Napalingon ako kila Naih na nasa labas ng Clinic at saka ako pumihit palabas..

"Babe.." biglang pigil sakin ni Sensui na hinawakan pa ako sa braso. Nilingon ko naman sya. **"Dito ka lang.."** pakiusap nya pa kaya naman muli akong humarap sa kanya at saka hinawakan ang kamay nya.

"Kukumustahin ko lang sina Lee at Tob.. babalikan rin kita dito.."

"Wag kang pupunta kay Choco ah??"

"Tss.. bat ko naman sya pupuntahan?"

"Tch.. sa tigas ng ulo mo? Basta.. wag kang pupunta don.. Natatakot ako para sayo e.."

"Dapat ka lang talagang matakot.."

"H-Ha??" gulat na tanong nya. **"B-Bakit??"**

"Dahil yung kaisa-isang patakaran kong inilatag sayo ay nilabag mo.."

"T-Tch! Kasalanan ko ba yun?!" nakangusong tanong nya.

"Nababadtrip ako sa kanya.." pigil ang emosyong usal ko**. "Kung pwede ko langs yang katayin ngayon---ginawa ko na.. Nag-aalinlangan lang ako dahil paniguradong *'madugo'* yun dahil malaki sya.. Tss.."** biro ko at natawa naman sya.

"Hambog.." bulong nya pa. Ngumiti naman ako sa kanya at saka hinawakan ang balikat nya.

"Kumusta ang pakiramdam mo??" nag-aalalang tanong ko.

"O-Okay na ako.."

"Sigurado ka?"

"Mmm.. okay na.. Nandyan ka na e.."

"Tss.."

Natigilan lang syang magsalita nung mahapdian sa gamot na inilalagay nung Nurse kaya naman napahawak sya ng mahigpit sa kamay ko..

"Simpleng sakit.. kung makahawak ka naman.. Pano ka makakasapak ng malakas nyan!?" inis na tanong ko pa sa kanya!

"M-Mahapdi e!" nakangusong sigaw nya pa sakin. At natawa naman yung nurse samin. **"Teka.."** sabi nya pa at saka tumingin ng masama sakin habang nakanguso pa rin. **"B-Bakit ganon ka kalakas sumapak ha?? B-Boksingero ka ba dati!?"**

"Wrestler.." pang-aasar ko pa sa kanya.

"Tch.."

"Pupuntahan ko muna sila.. babalikan kita.." sabi ko at tumango naman sya. **"Nurse Ninay, babalikan ko na lang sya.."** sabi ko pa sa Nurse at saka lumabas.

Agad naman akong nilingon nila Naih, Michiko, Lee at Tob.

"Nasan sila Migz?" tanong ko.

"Pumunta na kay Dean.." si Michiko. **"Bakit ba nagkakaganito?? Bakit kailangang maranasan nila 'to??"** inis na tanong nya habang pinupunasan ang pawis ni Tob. **"Ikaw ang kaaway pero bakit kailangang pati sila madamay!?"**

"M-Michiko.. wag mong tanongin ng ganyan si Max, hindi nya naman kasalanan yun.." si Naih.

"Nakakainis na kasi Naih e.. hindi ko na maintindihan kung bakit hindi na sila tumitigil! Kailan pa tayo makakapasok ng tahimik dito sa BIS kung ganyang parating parang may dadamba satin! I can't believe this!" dagdag pa ni Michiko.

"Baby, o-okay lang naman ako e.." singit ni Tob.

"Okay ka nga lang.. pero natatakot na ako e.. B-Baka sa susunod hindi lang ganyan ang abutin mo.. kilala mo naman si Choco di ba??" nag-aalalang tanong pa ni Michiko sa kanya. **"Oo, sabihin na nating noon.. hindi man kayo friends--pero hindi kayo nagkakabangga! Kasi wala kayong pakialam sa isa't isa! Pero ngayon--galit sya sa atin at anytime ay pwede nya na tayong---"**

"Bakit kasi ganyan ang iniisip mo?!" si Naih.

"Dahil kilala ko si Choco! Bago lang kayo dito kaya--hindi nyo sya kilala!" pigil ang inis na sagot ni Michiko sa kanya. **"Sana lang talaga.. sana.. sana walang mangyaring masama satin.. dahil sa pagkakakilala ko kay Choco ay talagang sa labas sya gumaganti! Kung naiinis kayo**

sakin dahil ganito ako mag-isip then I'm sorry! This is not what I've imagined about studying! I've never been in this kind of situation--that's why I don't know what to do!"

"H-Hindi naman kita pababayaan e.." sabi ni Tob at napabuntong-hininga naman si Michiko.

"Basta.. w-wag ka ng makikisali sa gulo nila ha?? Promise mo.."

"P-Promise.." nakangiting sagot ni Tob.

Nilingon ko lang sila at saka ako naglakad palayo.

"Hoy! San ka pupunta?! Max!" sigaw pa ni Naih.

"Pupunta lang ako kay Dean.." pilit ang ngiting sabi ko pa at saka naglakad papalayo.

Pagdating ko doon ay nakita ko sina Migz at BJ na kausap na si Dean.

"I was about to ask them na papuntahin ka dito.. Mabuti naman at nagkusa ka na.." sabi pa ni Dean pagpasok ko. Tumango ako sa kanya bago tuluyang lumapit. **"Narinig ko ang nangyari.."** sabi nya at saka isinenyas saking maupo ako. **"I'm very disappointed.. Hindi ko inaasahan na.. magpapabalik balik ang mga ganitong klase ng incidents sa loob ng BIS sa loob ng *'iilang araw'* na pagitan.. Hindi ko inaasahan.. I am very very disappointed.."**

Napatungo ako at nakinig lang sa kanya..

"Hindi ko na maintindihan kung sino ba talaga ang may kasalanan.. Si Funtales.. O ikaw.. Miss Pein.." pagdidiin pa ni Dean. Nanatili naman kaming tahimik. **"Nagkausap naman kami ng family mo at.. aware naman sila sa attitude mo, kaya naman hindi na ako nagugulat sa mga naririnig kong sinapak mo si ganito--sinuntok mo si ganyan.. Hindi na.. Hindi na ako nagugulat.."** bumuntong-hininga pa sya. **"But for now, I'll be very honest with you.. Hindi ko na alam kung sino talaga sa inyo ang may kasalanan---"**

"Kaming pareho.." pigil ko sa sinasabi ni Dean at saka ako tumingin ng deretso sa kanya. **"Para hindi kayo malito---kasalanan naming pareho.."**

"Then, bakit kailangang ang Apo ko ang magsuffer??" sarkastikong tanong nya at natigilan ako. **"Hindi ko malaman.. nung una--kayong dalawa ni Deib ang hindi magkasundo.. Ngayon naman, kayong dalawa ang binubugbog?! Ano ba naman yan!? Saan ba nanggagaling ang mga gulo nyo'ng yan?! Anong klaseng alitan ba ang mayroon kayo?!"**

Kaya naman ikinuwento kong muli sa kanya ang umpisa hanggang sa muling guluhin nila Choco ang mundo ko..

"Sesanghe.. This is too much!" sigaw pa ni Dean! **"Reycie! Reycie!"** sigaw nya pa doon sa secretary nya na dali daling lumabas mula sa Conference Room.

"Y-Yes Dean?" si Reycie.

"Bring Mr. Choco Funtales and his Family here---Nooooooooooow! Nooooooooow!"

"Y-Y-Yes Dean!" sabi ng Sec na tumango pa at saka muling pumasok sa Conference Room.

"Kailangang matapos na dito ang kalokohan nyo.." pigil ang galit na bulong pa ni Dean at saka tumingin ng masama sakin. **"Where are the boys!?"**

"N-Nasa Clinic po.." sabat ni Migz.

"Sana pagkatapos nito ay tapos na! Wala ng kasunod! Sige na! Ipapatawag ko na lang kayo ulit!" sigaw nya at saka kami tumayo.

"Thank you, Dean.." sabi ko at saka tumango.

Sabay sabay kaming bumalik sa harap ng Clinic nila BJ at Migz ng walang kibuan. Pagdating doon ay nasa labas na si Sensui kaya sa kanya natuon ang atensyon ko.

"Hindi ka na ba talaga nahihilo?" tanong ko.

"Hindi na.." sagot nya.

"Bakit lumabas ka?"

"E-Eh s-sabi mo babalik ka----"

"Kailangan mong magpahinga.."

"Tsk.. dito na lang ako.." nakangusong pilit nya pa at saka sumiksik sakin. **"S-San ka galing??"** tanong nya at bumuntong-hininga naman ako.

"Kinausap ko yung Lolo mo.." mahinang sagot ko.

"A-Anong sabi nya? Alam na ba nya?"

"Oo Deib.." sabat ni BJ, nilingon naman namin sya. **"Alam nya na dahil nung makita naming kayo kanina ay pinuntahan agad namin sya ni Migz.."**

"N-Nagalit ang Lolo mo.. n-nung sabihin naming k-kaya kayo nagpambuno ni Choco ay.. d-dahil kay Max.." si Migz.

Gulat akong napatingin kay Migz!

"S-Si Max??? B-Bakit sya?!" halatang inis na tanong ni Sensui kay Migz!

"E-Eh hindi ba't yun naman talaga ang totoo?" si Migz.

"Kusa akong sinugod don ni Choco kahit wala pa kayo---anong Max ang sinasabi mo dyan?! Nandon ka ba ha?!"

"E-Eh kahit naman wala kami don kanina---alam kong si Max ang puno't dulo kaya ka ginaganyan ni Choco!"

"Hoy! Bakla! Anong klaseng kaibigan ka?!" inis na tanong ni Sensui a natahimik naman ako. **"E kung magalit sa kanya si Lolo, dahil sya ang dahilang sinabi mo kung bakit ako ginanito ni Choco!?"**

"N-Nagalit nga sa kanya ang Lolo mo.." si BJ.

"T-Tama naman kasi e.." biglang sabat ni Michiko kaya napatingin naman ang lahat sa kanila. "**K-Kung hindi mo binantaan si Choco--hindi siguro nangyari 'to.."**

Hindi ako nakapagsalita at napatungo na lang ako dahil hindi ko alam ang sasabihin ko..

"B-Bakit kayo ganyan magsisalita??" si Naih. Tumayo sya at saka humarap kila Migz, BJ at Michiko. **"I-Ibig nyo bang s-sabihin.. Si Max lang parati ang dapat nasasaktan?! Kasalanan nya bang ganun kakitid ang utak nung Choco na yun at ginagawa nya 'to?! Psh!"**

"Naih.." pigil ko sa kanya. **"Hayaan mo na.."**

"H-Hindi, Max e.. Wala ka rin namang kasalanan ah----"

"Hayaan mo na lang.. Nangyari na e.." sabi ko at saka tumingin kila Michiko. **"Pasensya na.. Hindi ko kasi nababasa yung laman ng utak nya kaya hindi ko alam na gagawin nya 'to.. Nadamay pa tuloy kayo.. Yung tungkol sa pagbabanta ko kay Choco.. pasensya na rin.. Hanggang dun lang kasi ang kaya kong gawin.. ang labanan sya ng salita.. Dahil natatakot rin akong.. b-baka may mas gawin pa syang masama kapag nakipagsakitan ako sa kanya---"**

"Pero sa ginagawa mo---lalo mo lang pinapainit ang ulo nya!" sigaw ni Michiko.

"Kahit naman wala akong gawin, Michiko.. m-mag-iinit at mag-iinit ang ulo non.. May sabihin ako o wala.. may masasabi sya.. Kaya wala yung pinagkaiba.. Ganon na ang utak nya at hindi ko na mababago yun.." sagot ko sa kanya.

"E-Enough..." sabat ni Lee. **"Enough.. Let's just forget it.."**

"Sana nga, walang mangyari satin.." tatango-tangong sabi pa ni Migz at saka pumihit patalikod at naglakad papalayo.. Sumunod naman sa kanya

si BJ at naiwan si Michiko na sumulyap lang kay Tob at saka pasiring na tinalikuran ito.

"M-Michiko.." habol ni Tob sa kanya pero nagderederetso ito dahilan para bagsak ang mga balikat na humarap ulit sya samin. **"P-Pasensya na kayo sa kanila.. Ako na lang ang magsosorry.. pasensya na talaga.. H-Hindi kasi sanay ang mga yun sa mga ganitong klaseng gulo dahil h-hindi naman talaga 'to uso dito sa loob ng school noon.. N-Nasanay silang puro babae lang ang may away pero.. n-ngayon lang nangyari 'tong ganitong may sakitan talaga.."**

"Psh.. M-Mukhang kasalanan nga natin, Max.." sabat ni Naih.

"H-Huy h-hindi ah.. w-wala naman akong sinabing ganon.." napapahiyang sabi pa ni Tob.

Bumuntong-hininga ako at saka pilit na ngumiti sa kanila..

"Pasensya na.." sabi ko at saka tumungo.

"B-Babe.." bulong sakin ni Sensui at ngumiti naman ako.

"Kaya ikaw.. wag ka ng sasali sa gulo ko ha?? Kung anu-anong nagagawa ko kapag nakikita kong nasasaktan ka e.." bulong ko at saka pinisil ang pisngi nya at naglakad papalayo.

"S-San ka pupunta?" habol nya pa.

"May klase kami.." sabi ko at saka nagtuloy sa paglalakad.

Agad namang humabol sakin si Naih.

"Haha.." kunwaring tawa nya. **"Lalong gumugulo ang mundo.."** sabi nya pa at saka kami sabay na umakyat sa taas at pinayagang pumasok kahit late.

DISCUSSION.

QUIZ.

DISMISSAL.

Nag-aayos pa lang kami ng gamit ni Naih ay pansin na naming nanguna nang bumaba samin sila Michiko, Migz at BJ.

"Psh.. hindi ko akalaing ganyan ang ugali nila.." bulong ni Naih.

"Wag kang ganyan.." sagot ko naman sa kanya.

"E-Eh nakakainis e!"

"Hindi sila sing mature ng isip mo.. kaya wag mo nalang patulan.."

"Pero kahit na, Max! A-Ang lagay e.. i-ikaw ang sisisihin nila?? Ganyang klase ng kaibigan ba sila?!"

"Hindi naman nila sinasadya yun.."

"Nakakainis.. nakakainis talaga! Yung kaibigan mong iniingatan mo.. s-sila pang maninisi sayo sa huli.."

"Naih.."

"A-Ano?" nakangusong tanong nya pa.

"M-Mas mabuti na siguro yung ganito.. p-para kung halimbawang mapasabak ako sa gulo.. Malayo sila sakin.."

"M-Max.. a-ano bang sinasabi mo??"

"Si Randall ang bumugbog kay Choco.."

"H-Ha?!" gulat na tanong nya at tumango naman ako. **"B-B-Bakit?!"**

"Dahil sakin.."

"A-Anong dahil sayo??"

"N-Nalaman nya yung ginawa sakin ni Choco kaya--nung araw na nagkita kami.. nag-usap kami at sinabi ko sa kanyang si Choco ang may kasalanan kung bakit nagkanda-pasa pasa ang mukha ko.. H-Hindi ko naman alam na yun ang gagawin nya kay Choco.. Hindi ko lang talaga maintindihan kung bakit si Sensui naman ang ginanon ni C-Choco ngayon.." napapailing na kwento ko.

"E-Eh baka dahil don sa kwento mong sinapak ni Deib si Choco??"

"Siguro.. ewan ko.. Hindi ko alam.."

"A-Ang gulo gulo na.."

"S-Sobra.. Sana.. matapos na.." mahinang bulong ko pa at saka tumingin sa kanya.

"Wag ka mag-alala.. h-hindi man ako sing lakas mo.. Promise, kahit magkandalasog lasog 'tong katawan ko---hinding hindi kita iiwan.. Mamatay ka man.."

Hindi ko na sya sinagot at pasiring na inalis ang paningin sa kanya.

Isinukbit ko lang ang bag ko sa likod ko at saka lumabas ng room at bumaba.. Humabol naman sya..

"A-Ano kayang sunod na mangyayari??" nag-aalalang tanong nya pa.

"Hindi na pwedeng magkaron ng kasunod.. Hangga't maaari aagapan ko na.." mahinang sagot ko habang naglalagay ng gamit sa locker ko.

"Pano!?"

"Hindi ko alam.. pinag-iisipan ko pa.. Gusto kong matigil 'to ng walang nasasaktan kahit na isa.."

"Psh.. goodluck naman.. Nakailang sapak ka kay Choco tapos aagapan mo? Wow! Hahaha! Mautak ka talaga noh!?"

"Tss.. edi hihintayin ko munang gumanti sya.. Pero siguraduhin nyang sakin sya gaganti--dahil yari sya sakin kapag nandali sya ng iba.."

"Tsk.. paksheeeet! I hope I can make it stop.. Stop Choco! Stop!"

"Wag ka ngang maingay.." singhal ko sa kanya at saka tinanaw ang mga nagbabababaang estudyante. **"Nandyan na sila Sensui.. wag ka ng kuda ng kuda.."**

"Seesh.."

Maya maya pa ay lumapit na sakin si Sensui, lumayo naman si Naih at lumapit kay Lee.

"Babe.." nakangiting bati nya sakin na sumandal pa sa katabing locker ko.

"Okay ka na ba?" tanong ko at ngumiti naman agad sya.

"Pwede ba namang hindi--e kaharap kita?"

"Tss.. yung sugat mo??"

"M-Mmm.. medyo masakit.."

"Mawawala rin yan.."

"Tsk.. masakit nga e.. Alam mo? Nung maliit ako.. kinikiss lang ako ni Mommy, tapos nawawala.." nakangising bulong nya.

"Ako naman, pinipitik ko.."

"Para mamanhid.." dagdag ko at saka sya ngumuso ng todo.

Mabilis kong kinuha ang gamit ko at isinara ang locker ko.

"Wala akong assignment ngayon pero.. p-pwede kang sumama sa bahay para maturuan mo ko hehehehe.." pahaging nya pa.

"Ako ang maraming assignment.."

"Edi ako naman ang magtuturo sayo.. gusto mo??" nakangiting sabi nya at tinaasan ko naman sya ng kilay. **"O-Oh!? Bakit?? A-Akala mo ba--ikaw lang ang matalino!?"**

"Deib.. Max.. U-Una nako.." biglang singit ni Tob dahilan para lingunin namin sya.

"Sige, dre.. ingat!" si Lee.

"Ingat, Tob!" si Deib.

"Kayo rin! Naih! Una na ako.. Max! Ingat!" nakangiting sabi nya pa at saka naglakad papalayo.

"Tara.." yaya ko sa kanila.

"Teka yung gamit ko--"

"Bilisan mo.." utos ko kay Sensui at tinanaw si Tob papalayo.

Mabilis na pinagpalit ni Sensui ang mga gamit nya sa locker at bag at saka mabilis ring isinara yun kaya kahit malayo ay tanaw pa rin namin si Tob habang naglalakad papalabas ng Parking Lot.

Bakit ba naging praning ako? Pakiramdam ko anytime may mangyayari sa mga taong malalapit sakin?

Maayos na nakaalis si Tob nung marating namin ang Parking Lot, kaya kami naman ang nagpaalaman.

"Magkita na lang ulit tayo bukas.." sabi ko pa kay Sensui.

"Mmm.. okay lang ba sayong itext kita??"

"Oo naman.." nakangiting sagot ko pa.

"K-Kahit nag-aaral ka?"

"Mmm.. itext mo lang ako.."

Tsk tsk.. kitikitext..

"Pano mo ipapaliwanag sa bahay nyo yang sugat mo?" tanong ko pa muna at pinalobo nya naman ang loob ng bibig nya.

"B-Bahala na.." sagot nya na bumuntong-hininga pa. **"Maiintindihan naman nila 'to kapag nagsabi ako ng totoo.."**

"Mmm.. balitaan mo ko.." sabi ko pa at saka binuksan ang pinto ng kotse nya. **"Mauna ka na, tatanawin namin kayo.."**

"Tch! Hanggang sa pag-alis naman ba---ikaw pa rin maghahatid sakin!?"

"Ahh.." sabi ko pa na kunwaring may naalala. **"Hindi ko pala nabanggit sayo.. ang kapalit ng paglabag mo sa patakaran ko.. ay susundin mo ang lahat ng sasabihin ko kahit labag sa loob mo.."**

"W-What?!"

"Mmm.. at wala kang choice.. Sige na.. umuwi na kayo.." seryosong sabi ko pa.

"Tsk.."

"Itext mo ko.."

"Oo na! Mag-iingat ka ah?!"

"Mmm.."

Padabog syang sumakay sa kotse nya at ako pa ang nagsara ng pinto nun.

"Lee, mauna na kayo.." sabi ko pa at kumaway naman sya sakin at saka muling bumaling kay Naih.

Pinanood ko pa si Sensui'ng iistart ang kotse nya at magmaniobra.. Binuksan nya pa ang bintana nya at saka dumungaw..

"Magrereply ka sa text ko ah?!" banta nya pa at nakangiting tumango naman ako. **"Ayaw mo ba talagang turuan kita??"**

"Hindi na.. magpahinga ka na lang pagkauwi mo.. Itext mo ko, kahit magdamag pa yan, sasagotin ko.." nakangiting sagot ko at bumalatay na naman ang matinding ngiti sa mukha nya.

"Siguraduhin mo lang na hindi mo ko irereply ng *'okay'* lang ang laman ah?! Hehehehehe! I'll see you tomorrow.."

"Mmm.. See you.." sabi ko pa at saka kumaway.

Nung makaalis sila ay saka lumapit sakin si Naih at saka napabuntong-hininga.

"Ang hirap nga ng ganito Max.. y-yung tayo pa ang naghahatid sa kanila.. Masiguro lang na ligtas sila.." mahinang sabi nya pa.

Hindi naman ako nakasagot at napatungo na lang ako bago pumihit pasakay sa motor ko.

Maya maya pa ay nasa bahay na rin kami.. Kumain lang kami at umakyat na ako sa taas para gumawa ng assignment ko at ganon rin naman si Naih..

Nagsusulat ako nung biglang may magtext..

One Message Received

~Sensui~

Baaaaaabbbbbeeee!!!!!

Baaaaaabbbbbeeee!!!!!

Baaaaaabbbbeeeee!!!!!

♥♥♥♥d^____^b♥♥♥♥

8:00pm

WTF??

Emergency?? Tsk..

Compose Message

~Sensui~

Oh??

Message Sent!

Inilapag ko ang cellphone ko at saka nagtuloy sa pagsusulat..

Pero maya maya lang..

~BEEP!~

One Message Received

~Sensui~

Hi babeee!!!!!

d=))))

Sinusundan ako ng mga
pusooooo ♥♥♥♥♥♥♥♥♥
8:02pm
Kalalaking tao.. tsk tsk!
Compose Message
~Sensui~
Anong sinusundan ka
ng mga puso??
Message Sent!
One Message Received
~Sensui~
Hahahaha! Sa sobrang
in love.. para akong sinusundan
ng mga puso, babe! Heheheh!
Kumain ka na??
8:04pm
Napatingin ako sa mga libro ko at mga notes ko..
Sana pala hindi na lang ako nagbitiw ng salita'ng irereply ko sya tsk..
Hindi ko magawa ng maayos ang mga dapat kong gawin dahil ang bilis nyang magreply at hindi ako ganon kabilis magtext!
Peste..
Napapabuntong-hiningang nireply ko sya..
Compose Message
~Sensui~
Bumili si Yaz ng
Fried Chicken..
Message Sent!
One Message Received
~Sensui~
Marami kaming ulam..
Gusto mo ba isa-isahin ko?
d=))
8:06pm
"Anak ka ng kagang.. hindi ako makakatapos neto.. Tsk.." inis na bulng ko pa habang binabasa ang message nya.
Compose Message
~Sensui~

Hindi ako makapagsulat sayo..
Message Sent!
One Message Received
~Sensui~
d=((
8:07pm
dO___Ob
"Tss.. bading talaga.. Tsk!"
Compose Message
~Sensui~
Tumawag ka na lang..
d--,bv
Message Sent!

At maya maya nga..

~Sensui Calling. . . ~

Bumuntong-hininga pa muna ako bago sinagot yun..

"Mmm??" sagot ko.

"Hi babe! Hehehehehehe! Naaabala ba kita??"

"Mmm.. Hindi naman.. kaso nahihirapan kasi akong magsulat dahil ang bilis mong magreply.. Kalalaki mong tao ang hilig mong magtext.."

"Yan kasi ang uso ngayon!"

"Nakikiuso ka naman??" nakangising tanong ko at saka tumayo at hinanap yung box nung cellphone ko. Nung makita ko yun ay kinuha ko ang headset at saka sinuot yun at bumalik sa study table ko.

"Tch! Palibhasa, kailan ka lang nagkacellphone.."

"Hindi ko naman kasi kailangan.."

"E ngayon??"

"Kailangan ko na.."

"Hahahahaha.. Oo! Kasi tatawagan kita maya't maya.."

"Baka magsawa ka sakin nyan.." nakangising sabi ko pa habang nagpapalipat-lipat ang paningin ko sa notebook at book ko.

"Tch! Kung ang adik nga hindi nagsasawa sa droga.. ako pa kaya'ng in love?! Bwahahahaha!!!!"

Anong konek??

Mahusay..

"A-Ahh hehehehehe.." kunwari nagets ko ang sinabi nya. **"Anong ginagawa mo?"**

"Wala.. kausap ka lang hehehehehe.."

"Bakit hindi ka mag-aral??"

"Kausap pa kita e.."

"Nag-aaral ako habang kausap ka.."

"Ang korni mo.. Ikaw na masipag! Tch! Nakakaabala na yata ako sayo e? Gusto mo lang yata'ng ibaba ko 'tong tawag ko e?"

"Mmm.. nagsasabi lang ako ng totoo.. Wag mong ibaba.. mas narerelax ako kapag naririnig ko yung ingay ng boses mo e.." natatawang sabi ko.

"Tch! Hindi ko alam kung matutuwa ba ako o maiinis dyan sa sinabi mo!" halatang inis na sabi nya at saka bumuntong-hininga. **"Andami dami mo ng kasalanan sakin.."**

Napatigil ako sa pagsusulat sa sinabi nya.

Ano namang kasalanan ko dito?! Tss..

Nangiti pa ako ng konti dahil naiimagine ko ang nakangusong mukha nya..

"Inano na naman kita?" nakanguso ring tanong ko.

"Sinong katext mo kanina ha?"

"H-Hanggang ngayon ba naman naiisip mo pa rin yan?!" natatawang tanong ko! **"Hahahahahahahahaha!!"**

"S-Sino ba namang hindi makakalimot e k-kailan ka lang nagkacellphone m-may textmate ka na agad?!"

"Textmate!? Anong textmate!?"

"Tch! Textmate! Katext! Tch.. Kebago bago natin... nilolоko mo ko.."

Napanganga pa ako dahil sa hindi ako makapaniwala sa sinabi nya!

N-N-Nilo----Haaaaysha! Ha! Tss! Aaaiiissh..

Pabagsak kong ibinaba ang ballpen ko at saka nakangiwing tinignan pa ang pangalan nya sa screen ng cellphone ko!

"W-Wooiii!" sigaw ko pa sa kanya! **"H-Hindi ko gawaing manloko ah! A-Anong nilоloko ang sinasabi mo dyan?! Nababaliw ka na ba?!" inis kunwaring tanong ko.**

"Oh e bakit hindi mo sinasabi sakin???"

"Woi.. baka si Maxrill yung katext ko kanina?! Ha?! Anong nilоloko ang sinasabi mo dyan!? Makabintang ka ah!"

"H-Ha?? Si Maxrill ba?! Bwahahahahahahahaha! E bakit kasi hindi mo sinabi agad!"

"Porket ba hindi ko sinabi ay pagbibintangan mo na ako agad?! Tss.. abnoy ka!"

"Hahahahahahaha! S-Sorry na.. a-akala ko may textmate ka na e hehehehehehehehe.."

"Tss.."

"Pero teka.."

"Ano na naman!"

"E-Easy.. hahahaha! Kanina.. nung nasa Canteen kami at h-hindi ka pa dumadating.. t-tinatawagan kita pero.. b-busy ang line mo.. Sinong kausap mo???"

Don ako muling natigilan..

~FLASHBACK~

Eksakto pagkalabas ni Miss ay nagvibrate ang cellphone ko..

"Una na kayo.. sasagotin ko lang 'to.." sabi ko pa kay Naih at saka nauna silang lumabas ng room.

~Mallyu Calling. . .~

Huminga pa muna ako ng malalim at saka sinagot yun.

"Oh?" sagot ko.

"Si Mallyu 'to.." sagot nya.

"Oh? Napatawag ka?"

"Guess what??" tanong nya pa at hindi naman ako sumagot.

Kinuha ko pa ang bag ko at saka lumabas ng room.

"Pinatalsik lang naman kami ng Luna University.."

Napahinto ako sa paglalakad..

Pinatalsik lang naman kami ng Luna University..

Pinatalsik lang naman kami ng Luna University..

Naulit sa pandinig ko ang sinabi nya at saka ako nakaramdam ng kaba..

"B-Bakit daw?" tanong ko.

"Hahahahahahahahahahahahahahahahahahaha!" at malakas syang tumawa, nanatili naman akong tahimik. **"B-Bakit daw??? Tinatanong mo ako kung b-bakit daw?!"**

Hindi ako nakasagot..

"Siguro naman.. alam mo na kung anong sunod na mangyayari??" tanong nya pa at mas bumilis ang tibok ng puso ko. Hindi na ako nakasagot. **"Hanggang sa muli nating pagkikita.. Max--Pein--Del--Valle.."**

~TOOT! TOOT! TOOT!~

~END OF FLASHBACK~

"Ano babe?? Sinong kausap mo?? Si Randall??"

Bumalik lang ako sa reyalidad nung magtanong ulit sya..

"H-Hindi.." sagot ko.

"E sino nga??"

"S-Si Dad.." pagsisinungaling ko.

"Ohhh???" hindi makapaniwalang tanong nya.

"Mmm.. kinukumusta ako.." pagsisinungaling ko pa ulit.

"Heheheheheheheehe! O sige sige.. naniniwala ako sayo.."

"Selos ka ba?" kunwaring tanong ko pa.

"H-Hindi ah!" tanggi nya.

"Tss.. selos ka e.."

"Hindi naman sa nagseselos ako.. t-tinatanong ko l-lang.."

"Nauutal ka pa.."

"H-Hindi nga ako nagseselos!"

"Kaya pala.. hahahahahaha.." natatawang sabi ko at saka inalala yung ginawa nyang pagpapalit ng upuan namin sa Canteen.

Maya maya pa..

"T-Taguro.."

"Mmm??"

"M-Malapit na yung birthday ko.."

Natigilan ako at napatitig sa libro..

"T-Talaga?? Kelan??"

"August.."

"August?? Augusto, ano??"

"4 hehehe.."

Napalingon ako sa kalendaryong nasa likuran ko..

Sampung araw mula ngayon..

"M-Malapit na pala.." sagot ko.

"Mmm.."

"A-Anong gusto mong regalo?"

"Ibibigay mo ba??"

"Sa abot ng makakaya ko.." nakangiting sagot ko pa.

"Tch! Nakakaloko ka talaga!"

"Inano na naman kita?" nakangusong tanong ko.

"Hahahahaha.." kunwaring tawa nya pa. **"Hanggang ngayon.. sa twing maiisip ko na ikaw ang girlfriend ko.. tuwang tuwa ako.. Pero sa twing maiisip ko na ikaw yung nagpapakilig sakin, hindi ko**

maintindihan kung matatawa ba ako o matutuwa! Nakakaloko hahahaha! Yung mga linya mo.. panglalake! Hahahahaha! Tapos yung boses mo pa--panglalaki rin! Pucha! Bading na bading ako ah!? Hahahaha!"

"Kumpara naman sayo.. napakaingay mo at kitikitext ka pa.. Ikaw dapat ang tinatawag na Parrot e.."

"H-Hoy! S-Sobra ka na ah.. K-Kesa naman sayo! Kababae mong tao para kang lalake!"

"At least ngayon.. alam mo na ang ibig sabihin ng magandang lalaki.. hahahaha!"

"Eh?? Joke mo na ba yun??"

Hindi ko sya sinagot..

"Mmm.. hindi ko kailangan ng kahit na anong regalo.." biglang dagdag nya. **"Kasi malayo pa lang yun birthday ko.. natanggap ko na yung regalo ko.. at ikaw yun.."** malambing ang tonong sabi nya pa.

Natigilan naman ako..

Naalala ko yung sinabi ni Randall noon..

Si Randall na naman..

"Babe??"

"O-Oh.." umuubo pang sagot ko.

"Natahimik ka??"

"A-Ahh wala hehehe.. So.. san tayo sa birthday mo??"

"Mmm.. dito sa bahay hehehehe.. Nandito sila Mom and Dad, ganon na rin si Chairman.. Kaya naman, malamang dito icecelebrate yun.. Pupunta ka ah??"

"Basta ikaw.."

"Ipapakilala kita.. na g-girlfriend ko.."

KINABAHAN AKO NG MATINDE!

"O-Okay lang ba sayo??" dagdag tanong nya pa.

"A-Ahh s-sige.."

"O sya sige.. Bukas na lang ulit hehehe.. Baka hindi mo matapos yung ginagawa mo dyan.."

"S-Sige.. Magkita na lang tayo bukas.."

"Mmm.. I love you.."

~TOOT! TOOT! TOOT!~

Nakahinga ako ng maluwag nung kusa nyang ibaba matapos nyang sabihin yun..

Pabagsak kong isinandal sa upuan ang likod ko..

Maya maya pa ay nagtuloy tuloy na ang paggawa ko ng assignment at nung matapos ay natulog na rin ako..

♥ K ♥ I ♥ N ♥ A ♥ B ♥ U ♥ K ♥ A ♥ S ♥ A ♥ N ♥

Mabilis kaming kumilos ni Naih at nagbreakfast kasabay sina Yaz, Beka at Boy.

"Hoy mga bakla.. aasahan daw kayo ng Barb at Jep bukas.. Nangako daw kayong papasok kayo bukas??" si Beka.

"Mmm.. papasok na nga kami---Oh teka may natawag.." si Naih. Kinuha nya ang cellphone nya sa bulsa at saka sinagot yun. **"Oh? H-Ha?! S-San?! O s-sige sige! Papunta na kami dyan!"**

Gulat naman kaming napatingin sa kanya at sakin sya tumingin!

"S-Sila Michiko.. h-hinarang daw nila Mallyu sa gate ng BIS!"

"A-Ano!?" gulat na tanong ko.

"W-Wag ka ng magtanong tumayo ka na dyan bilisan mo!" sigaw nya at dali dali namang napatayo ako at kinuha ang mga gamit ko at saka sumakay sa motor ko.

~BROOM!!!~

BIS Parking Lot.

Mabilis kaming nakarating ni Naih sa BIS sa sobrang pagmamadali! Pero wala kaming inabutan kung hindi ang nagdadatingang mga estudyante..

Napatingin ako kay Naih at gulat rin syang tumingin sakin. Naglakad pa sya ng bahagya at sinilip ang likod ng mga puno pero walang tao.. Humihingal na naglakad ako papasok at saka lumapit sa guard.

"May nangyari ba dyan kanina??" tanong ko sa kanya.

"Oo.. yung grupo ng kalalakihan ay sinugod yung mga kaibigan nyo.. Buti na lang talaga at dumating kami ng kasama ko.." sagot nung sekyu.

"N-Nasan na sila??" nag-aalalang tanong ni Naih.

"Pumasok na.. Nasa D.O. sila.. At yung mga lalaki ay nagsipagtakbuhan.. Takot na takot yung mga kaibigan nyo.. Hindi ba't dalawang binabae at isang babae ang mga iyon??" tanong nya pa at hindi na kami sumagot.

Patakbong pumasok kami sa loob ng Campus..

~BRIZK! BRIZK!~

~Deib Calling. . .~

"Hello??" sagot ko.

"Babe, anong nangyari??" nag-aalalang tanong nya.

"S-Sila Michiko daw.. h-hinarang nila Mallyu sa Parking Lot e.. Kararating lang namin ni Naih at hindi na namin naabutan.."

"Okay ka lang ba??"

"Okay naman ako.. Nasan ka??"

"Papunta pa lang ako dyan.. Nandito na ako malapit sa Mall, kasabay ko si Lee.. Paparating na rin si Tob.."

"S-Sige sige.. hihintayin na lang namin kayo dito.."

"Sige.. Bye.." at saka nya ibinaba.

"Paparating na daw yung tatlo.." sabi ko pa kay Naih.

"Tara sa Dean's Office.." yaya nya sakin at dumeretso naman kami don.

Pagpasok namin ay nandon nga sila Michiko, BJ at Migz. Pero wala pa si Dean. Bakas ang galit sa mga mukha nila nung makita kami, umiiyak pa si Michiko..

Agad kaming lumapit sa kanila..

"A-Ayos lang ba kayo??" tanong ko nung makalapit ng tuluyan sa kanila.

"Ha!" natatawa pa kunwaring singhal ni Migz. **"Pano kami magiging okay?! Sinugod kami nung mga gangsters na nakabangga mo!"**

Napatungo ako sa sinabi nya..

"A-Anong ginawa nila sa inyo?!" sabat ni Naih.

"Hinila-hila lang naman kami at pinagpasapasahan nilang magkakasama!! Hindi man kami nasaktan pero yung takot nasa loob loob namin!!" sigaw ni Migz habang nakatingin sakin! **"Eto na, Max.. Eto na yung kinatatakutan namin.. dumating na yung kinatatakutan namin! Na pati kami ay madamay dyan sa mga gulo'ng pinapasok mo!"**

"M-Migz.." awat sa kanya ni Naih.

"Ano?! Sasabihin mo na namang hindi nya kasalanan?!" sigaw ni Migz kay Naih habang nakaturo pa sakin! **"Si Maxpein ang pakay nila pero dahil kami ang nakita nila at alam nilang kaibigan kami ni Maxpein ay kami ang pagtitripan nila?! Ganon!? Porket hindi kami nakalaban sa kanila?!"**

"H-Hindi naman sa ganon.." napapahiyang sabi pa ni Naih.

"Si Michiko.. tignan nyo.." sabi nya pa at saka itinuro si Michiko. **"Bakit sya iyak ng iyak?! Well.. tinutukan lang naman sya ng kutsilyo sa tagiliran.."**

Napatingin kami ni Naih kay Michicko.

"A-Ayos ka lang ba----"

"Bitiwan mo ko!!!!!" sigaw ni Michiko sakin nung lumapit ako sa kanya para kumustahin sya!

Napalayo ako sa kanya..

"Don't touch me.." umiiyak at nanggigigil na singhal nya pa sakin! **"Wag kang lalapit sakin! Kasalanan nyo lahat 'to e!!!"**

"A-Ano ba?!" si Naih. **"W-Wag naman kayong ganyan oh.. Kung nangyari sa inyo yun okay---Sorry! Sorry! Sorry! Kilala namin sila Mallyu at Yago at mga bata nila--Oo! Pero tulad nung sinabi ni Max kahapon hindi namin nababasa ang mga utak nila kaya hindi namin alam na gagawin nila 'to.. dahil kung alam lang namin--hindi na namin hahayaang mangyari 'to sa inyo.. P-Please naman oh.. naguiguilty na kami, oo.. P-Pero wag nyo namang isisi samin lahat please??"** pakiusap ni Naih. **"I-I'm really sorry.. We're really sorry---"**

"So, kasalanan pa namin?!" si Michiko.

"H-Hindi naman sa ganon, Michiko.."

"Hindi mo kasi naiintindihan.. Kung kayo ang nandon.. ayos lang! Dahil kayo---kilala nila.. pwede nyo silang labanan! E kami!? Anong alam namin sa ganon!?" si Migz. **"Kahapon.. sila Deib, Lee at Tob.. Ngayon naman.. kaming tatlo.. May nagawa ba kayo?! Wala di ba?! Pero kapag kayong dalawa ang napapahamak--nagagawa nyong rumesbak!"**

"Hindi kami nakikialam pero bakit pati kami ay kailangang madamay!? Bakit kailangang maranasan namin 'to sa kamay nila?? A-Alam nyo bang nakakatrauma?? Nakakatakot sila! At yung takot na naramdaman namin don kanina ay sapat na para magkaganito kami sa inyo! Naiintindihan nyo ba yon?! Ha?!" si BJ. **"Oo.. sabihin nyo ng mga duwag kami at mga walang kwentang kaibigan dahil sa kabila ng nangyayari sa inyo ay naging ganito pa ang treatment namin sa inyo---pero sana maisip nyong hindi kami tulad nyo na sanay sa away! Sa gulo! Hindi kami tulad nyo.."** at saka sya nagsimulang umiyak..

Nakaramdam ako ng matinding inis dahil hindi ko alam kung anong gagawin ko!

Hindi ko alam kung anong dapat kong sabihin sa kanila!

Nawala lang ang tensyon sa pagitan namin nung dumating yung tatlo..

"A-Anong nangyari?? Nasan si Michiko?!" si Tob na agad lumapit kay Michiko. **"A-Ayos ka lang?!"**

"H-Hindi! Hindi ako okay! At hindi ako magiging okay!" sigaw sa kanya ni Michiko. Eksaktong dumating naman si Dean.

Kinuwento agad ni Migz ang nangyari..

Napahilamos si Dean sa sariling mukha at saka nanggigigil na tumingin sa amin..

"Go to your classes.. Ako na ang bahala dito.. Ipapatawag ko ang mga magulang nyo bukas na bukas!" malakas na sigaw nya sa amin!

Paglabas ng Office ni Dean at humiwalay na ulit samin sila Migz, BJ at Michiko kasama si Tob. Kasama ko naman sila Sensui, Naih at Lee.

"A-Ayos ka lang ba??" bulong sakin ni Sensui.

"Hindi.." sagot ko.

"Pano kami magiging okay e parang kami ang sinisisi nila!" nagmumukmok na sabat ni Naih.

"H-Hindi mo naman kasi maiaalis sa kanila yun d-dahil hindi sila sanay sa ganitong gulo, Naih.." si Lee.

"Nandon na ako e.. naiintindihan ko naman sila e.. Natatakot sila dahil nakakatakot naman talaga yung nangyayari! Pero anong gagawin namin?! Hindi rin namin alam ang gagawin namin dahil hindi sila tumitigil!" si Naih.

"M-Makinig na lang siguro tayo sa sasabihin ni Dean bukas.."

"Oh eh ano pa nga ba?! Haaayss! Nakakainis! Nakakabadtrip! Bakit ba kailangang umabot pa sa ganito!" sigaw ni Naih at natahimik naman ako.

"Pumasok na kayo.. M-Magkita na lang tayo mamaya.." sabi ko pa kay Sensui at saka sinensyasan si Naih at saka kami dumeretso sa classroom namin.

Pagdating doon ay ramdam pa rin namin ang coldness nila Michiko, Migz at BJ. Naiintindihan ko sila.. ako man ang malagay sa posisyon nila ay magagalit rin ako.. Pero tama si Naih..

Anong gagawin ko??

Hindi ko alam kung anong gagawin ko.. Masyadong magulo ang nangyayari..

Kaya naman nakailang klase ako ay halos hindi ako makapagfocus sa mga discussions.. Buti na lang at hindi sumabay yung ibang hassles..

DISCUSS.

DISCUSS.
DISCUSS.
DISCUSS.
LUNCH BREAK.

Hindi pa rin sumabay samin yung tatlo pababa sa Canteen.. At pagdating sa Canteen ay dun sila naupo sa dati naming table kasama si Tob, kaya naman kami ni Naih ay pumunta sa table nila Sensui at doon nakisabay..

"Hindi pa rin kayo okay?" si Lee. Nakinig lang ako sa kanila habang kumakain.

"Hindi pa rin.. hindi na ata kami magiging okay.. Haaaays.. Nakakaloka.. hindi ko alam kung bakit kailangang magkaganito.. Lintek kasing Mallyu at Yago yan e.."

"B-Bakit ba ganon sila sa inyo??" tanong ni Lee at hindi naman nakasagot si Naih at sinulyapan ako dahilan para mapatingin silang lahat sakin.

"K-Kinicked-out sila sa LU.." mahinang sagot ko.

"H-Ha?!" silang tatlo.

"Mmm.. kicked out na sila.. Inexpell sila.. at sa t-tingin ko ay dahil yun sa nangyari sa pagitan namin.. Kung natatandaan nyo ay pumunta don ang mga Moon.. kinausap nila Chairman Moon pati na rin nila Dad at Mokz yung Dean at Presidente ng LU.. K-Kung hindi ko pa nababanggit sa i-inyo.. M-Moon ang may ari ng LU.." dagdag ko pa at bakas ang gulat kay Lee. **"H-Hindi ang lahat ay nakakaalam non pero.. Moon talaga ang may ari ng LU.."**

"A-Alam ba nila Mallyu yan?!" tanong ni Sensui.

"Mmm.. kaya nga kahit na nagagalit sila sakin noon dahil maangas daw ang dating ko ay hindi nila ako magalaw dahil kilala nila kung sino ako.." sagot ko.

"Kung ganon.. b-bakit ginaganyan ka na nila ngayon??" si Lee.

"S-Simula nung malaman nilang pinalayas ako ng mga Moon.. i-inisip nilang walang pakialam sakin ang pamilya ko.." napapabuntong-hininga pang dagdag ko. **"N-Nakakasama ko sila noon.. pero kahit mamatay ako ngayon.. h-hindi ako kailanman sumali o sumama sa mga kalokohang ginagawa nila.. Kakaiba ang trip ng grupo nla.. Nakilala ko sila sa bilyaran.. tumatambay rin sila doon at kadalasan puro panlololoko lang ang ginagawa nila don.. Nakikipagpustahan na nauuwi sa pandarambong.."**

"W-What?!" si Lee.

"Mmm.. At marami sila.." dagdag ko pa.

"Tsk.. H-Hindi ba pwedeng gawan ng paraan ng pamilya mo yan??" si Lee.

"H-Hindi ko alam.. Pero kung ako ang tatanongin.. a-anong magagawa ng mga Moon sa kanila?? Sa tingin ko ay ang iexpell lang rin ang magagawa nila kaya naman yun lang ang ginawa nila.. Tulad ng sinabi sakin ni Chairman Moon ay wala pa sila sa tamang edad para ipakulong.. Hindi rin naman namin sila pwedeng gantihan tulad ng ginagawa nila samin dahil hindi naman pwede ang ganon.. baka kami pa ang makulong lalo na at kami ang kilala.. Mahirap kumilos basta basta lalo na at iniingatan rin ng Moon ang pangalan nila.."

"Demmit.. I can't believe this.. hindi ko akalaing aabot sa ganito ang dating maliit na gulo.. H-Hindi ako makapaniwalang posibleng mangyari sa totoong buhay ang ganito!" inis na singhal pa ni Lee at napayuko naman ako. **"Don't get me wrong, Max.. Hindi kita sinisisi.. But this is too much.. and what's making this worst is that.. w-wala tayong alam na pwedeng gawin para mahinto 'to.."**

"Alam ko.. naiintindihan ko.." sabi ko at saka bumuntong-hininga. **"P-Pero sa ngayon.. k-kailangan ko ang pakisama nyo.."** mahinang usal ko pa at gulat naman silang tumingin sakin lalo na si Sensui. **"H-Hangga't maaari.. lumayo kayo sa gulo.. Hindi naman sa sinosolo ko 'to pero.. s-sana maintindihan nyo.. Ayaw ko lang talagang madamay kayo.. Wag kayong mag-alala sakin dahil.. tulad ng sinabi ko, hndi nila ako gagalawin basta basta.."** sabi ko pa habang nakatingin kay Sensui. **"Nananakit sila, oo.. Nambubugbog sila, oo.. Malaki ang posibilidad na makapatay sila, oo.. Pero hindi ako.. hindi nila sakin gagawin yun dahil kilala nila ako at kilalang kilala nila ako---"**

"A-Ano bang sinasabi mo!?" halatang inis na sabi ni Sensui.

"D-Deib, h-hindi ko kayang ipaliwanag kung anong klaseng samahan ang meron kami nila Mallyu dahil kahit ako ay hindi ko maipaliwanag kung ano kami.."

"Pano ka nakakasigurong wala silang gagawing masama sayo!?" pigil ang galit na tanong nya pa!

"D-Dahil nararamdaman ko---"

"Lintek na pakiramdam yan!" sigaw nya at napatingin naman ang ibang estudyanteng kumakain doon sa amin!

"W-Wag ka ngang maingay.." bulong ko pa sa kanya!

"A-Ano ka ba, Taguro?! Ano bang akala mo sa sarili mo!? Superhero?! Superwoman!? Tao ka lang rin! Oo malakas kang sumuntok at napapatumba mo ang malalaking tao---pero tao ka lang rin! Ikaw na rin ang may sabing marami sila! Oh e bakit nagsosolo ka pa?! Hindi ka ba pwedeng magpatulong na lang sa mga pulis!? Samin?! Sa pamilya mo!? Ano ka ba??! Akala ko ba matalino ka?! E bakit ganyan ka mag-isip!?" galit na tanong sakin ni Sensui at napailing naman ako.

"Dahil kung gagawin ko lahat yang suhestiyon mo ay lalong hindi sila titigil.. lalo ko lang silang gagalitin! Nakipagsagutan ako sa kanila---may nangyari ba sakin?! Wala di ba?? Dahil kapag ako ang kinanti nila---alam nilang may mangyayaring masama sa kanila.. Ayaw kong madamay kayo.. kahit mahirap para sakin--ayaw kong madamay kayo.. Nahihirapan rin akong magdesisyon, alam mo ba yun?! Lalo na at hindi ko alam kung sinong uunahin ko! Kapag pinuntahan ko sila Mallyu---natatakot akong baka kayo naman ang puntahan ni Choco! Nandito si Choco at nandoon naman sa labas sila Mallyu! Sinong uunahin ko?! Di ba?! Lalo na ngayon at ganito tayo.. ganito kami nila Michiko.. Naiintindihan ko sila kahit na sa tingin nila ay hindi---naiintindihan ko sila.. Kaya please naman.. kahit konting pakisama lang.. P-Pabayaan nyo muna ako.. K-Kahit ngayon lang.."

"A-Anong gagawin mo kung ganon??"

Hindi ako sumagot sa kanya at nagtuloy ako sa pagkain..

"T-Taguro.. a-anong gagawin mo??" nag-aalalang tanong ni Sensui at hindi ko pa rin sya sinagot..

Kaya naman padabog syang umalis sa table na yun!

"D-Deib!" tawag sa kanya ni Lee at napapailing na tumingin samin ni Naih bago tuluyang sinundan si Sensui.

"King inang yan.." bulong pa ni Naih na halatang hindi rin alam ang gagawin. **"King inang buhay 'to! Walang sinabi ang buhay ng mga action stars!!!"** sigaw nya pa at nagtinginan ang mga nasa katabing table namin! **"Wag nyo nga akong tignan! Galit ako!!!!"** sigaw nya sa kanila at nagsipagtunguan naman ang mga 'to. **"Anong gagawin mo?! Ha?! Sa anong paraan mo ipapahamak ang sarili mo?!"** sarkastikong tanong nya sakin! **"Sabihin mo sakin para aasikasuhin ko na ang burol mo pagkauwi ko!"**

"N-Naih.."

"Nakakainis e! Alam mo yung feeling na lahat kami nag-aalala para sayo!? Pero ikaw kalmado'ng kalmado!?"

"N-Naih.. mahirap rin 'to para sakin---"

"Pero mas mahirap para samin! Kaibigan mo kami e! Iisipin ko pa lang na pupuntahan mo sila Yago at makikipagbuno ka sa kanila natatakot na ako! Anong inaasahan mo?! Ngumanga kami sa Parking Lot habang hinihintay ka?! At talagang sa harap ng parking lot para pagbalik mo rekta ospital na?! Maxpein ano ka ba?! Tama naman si Sensui e!"

"N-Naih.."

"Ano?!"

"Naririndi nako!" inis na sigaw ko sa kanya at napanguso naman sya.

"N-Nakikisigaw lang.. e-eto naman.. A-Ang pikon mo.." nakangusong sabi nya pa.

Para akong mababaliw kaiisip! Gusto kong magalit pero natatakot akong yung galit na yun ang makapagpapagulo ng isip ko! Natatakot akong mali ang plano at desisyong mabubuo ko sa isip ko kapag pinairal ko ang galit ko! Kaya naman nanatili akong kalmado habang naghihintay matapos ang mga klase..

DISCUSS.

DISCUSS.

DISCUSS.

BREAK.

DISMISSAL.

Tulad kanina ay nauna ng bumaba samin yung tatlo kaya naman dalawa na lang kami ni Naih na nagpunta sa locker ngayon.. Nagmadali akong ibalik doon ang mga gamit ko habang sumusulyap pa sa mga pababang estudyante..

"N-Naih.." tawag ko sa kanya at salubong ang kilay namang nilingon nya ako. **"M-Mauuna na muna ako.. I-Ikaw na ang bahala kila Deib at Lee.. P-Paunahin mo silang makauwi.. s-siguraduhin mong makakaalis sila sa Parking Lot ng ayos.."**

"S-San ka pupunta?!" nag-aalalang tanong nya.

"K-Kila Mallyu.."

"A-Ano?!"

Hindi ako nakasagot at nakipagtitigan lang sa kanya!

"Tanga ka ba?! A-Anong gagawin mo don!? Pano kung anong gawin nila sayo don?!"

"N-Naih.. k-kilala mo naman sila di ba??"

"Yun na nga e! Kilala ko sila! Alam ko kung anu-anong nagagawa nila kaya bakit kita hahayaang pumunta do---"

"H-Hindi naman gulo ang ipupunta ko don e.." pakiusap ko pa.

"Ha! Oh e ano kung ganon?!"

"M-Makikiusap ako.. Makikipag-ayos ako sa kanila.."

"H-Ha?! Hahahaha!" kunwaring tawa nya pa. **"Baliw ka?! Baliw?! M-Makikiusap--tsa! Sino sa tingin mo ang maniniwalang pupunta don ang isang *'Maxpein'* para *'makiusap'*?!"**

"N-Naih naman.."

"Hinde!"

"Kailangang matigil na 'to---"

"Sasama ako!"

"Naih.."

"H-Hindi ka pupunta don kung hindi mo ako kasama! Pano kung may mangyaring masama sayo don!?"

"Tsk.. nakiusap ako kanina di ba?? Nakiusap ako sa inyo na.. kung pwede.. ako na lang muna?? Sakin naman nagsimula 'to e.. kaya kung pwede.. Please?? Pakisama naman, Naih.." seryosong pakiusap ko at galit naman syang tumingin sa mga mata ko at kitang kita ko ang pamumuo ng mga luha sa mga mata nya! **"W-Wag kang mag-alala.. w-walang mangyayaring masama sakin don.. Okay??"**

"M-Max naman e.." umiiyak ng sabi nya kaya naman niyakap ko sya.

"Promise.. maski isang galos.. w-wala akong iuuwi.. Minsan lang ako magpromise kaya namnamin mo na.." sabi ko at saka kumalas sa pagkakayakap sa kanya at tumingin ng deretso sa mga mata nya. **"Ikaw na munang bahala kila Lee at Sensui.. Kapag may nangyari, tawagan mo ko agad.. Okay??"** tanong ko pa at humihikbing tumango naman sya kaya naman ngumiti ako't ginulo ang buhok nya. **"Magkita tayo mamaya.."** pahabol na sabi ko at saka mabilis na tumakbo palayo!

Bahagya pa akong nagtago sa pagitan nung dalawang poste nung makita kong pababa na sila Lee, Tob at Sensui.. Nung malamapasan nila ako ay saka lang ako umeskapo!

Mabilis akong tumakbo palabas ng school, at nung marating ko ang parking lot ay saka ako nagmadaling in-start ang motor ko.. Pero bago pa

man umalis ay idinial ko ang number ni Mallyu.

"Hmmm.. hindi ko inaasahan ang tawag mo.. Anong kailangan mo??" mayabang na sagot nya sa tawag ko.

"Magkita tayo.." maikling sagot ko.

"Oooohh.." nakakalokong ungol nya pa. **"Ssshhkkk.. ano naman kaya ang kailangan sakin ng isang Maxpein del Valle?? Hmmm????"** natatawang tanong nya pa. **"Nandito kami sa *'luma'*.. hihintayin ka namin.."** sabi nya sabay baba ng linya.. Kaya naman dali dali kong pinaandar ang motor ko papunta doon..

Ang *LUMA* na tinutukoy ni Mallyu ay ang lugar kung saan nila dinadala ang mga bagong myembro'ng sumasali sa fraternity nila. Doon lang rin yun sa eskinita papasok ng LU, pero makalampas pa yun ng LU at tago masyado ang lugar na yun.. Tatlong beses ko lang narating ang abandonadong lugar na yun at ilang taon na ang nakalipas mula nung huli.

Ilang minuto lang ay narating ko na yun..

Dahil alam ko rin ang lugar na yun ay naging madali na lang para sakin ang pasukin yun..

"Kapkapan yan.." dinig kong utos ni Mallyu hindi ko pa man nasisilayan ang mga mukha nila. Napahinto ako sa harapan ng bukas na pinto at saka lang nagtuloy nung matanaw ko na ang isa sa mga bata nila. Inilapat ko sa magkabilang gilid ko ang mga kamay ko at kinapkapan naman nito ang magkabilang side at mga paa ko at saka sumenyas kay Mallyu dahilan para tumingin sakin 'to. **"Anong kailangan mo??"** tanong pa sakin ni Mallyu habang humihithit ng sigarilyo.

Pumasok ako ng tuluyan sa loob.. Tulad ng dati pa rin ang *LUMA*.. walang pinagbago.. Marumi, maalikabok, napakadilim mapanghi at amoy lalaki.. Nandoon pa rin ang mga patapo'ng iba't ibang klase ng single na sofa na pinulot lang nila at ang mahabang table na nasa gitna ng abandonadong lugar na yun..

Nakaupo si Yago sa isa sa mga single sofa na nandoon habang si Mallyu ay nasa isang mataas na upuang kahoy.. Ang kumapkap naman sakin kanina ay nakatayo lang sa may tagiliran ko..

"Maupo ka.." utos pa ni Yago na isinenyas ang isang sofa at sumunod naman ako. **"Anong maipaglilingkod namin sa iyo, kamahalan??"** sarkastikong tanong nya pa.

"H-Hindi na ako magpapaligoy-ligoy pa.. Nandito ako para makipag-ayos.." deretsang sagot ko at natigilan naman sila sa paghipak ng

mga sigarilyo nila at gulat na tumingin sakin.

Matagal kaming nagkatitigan bago pa sila muling nakapagreact..

"Bwahahahhahhaha!!!!!!" malakas na nakakalokong tawa ang pinakawalan nila habang ang paningin ko ay nasa lupa lang. **"Bwahahahahahahaaha!!!!!!"**

"Ha... Ha..." humihingal pang pahabol na tawa ni Mallyu at saka tumingin sa kumapkap sakin kanina. **"Hoy, Judd! Narinig mo ba ang sinabi nya?!"** natatawang tanong pa nito dun sa kumapkap sakin! **"Makikipag-ayos daw sya------Bwaha!!"** sabi nya pa dito at nakitawa naman ito kasabay ni Yago!

Nanatiling nasa sahig ang paningin ko at hindi ako nakipaglabanan ng titigan sa kanila.

"At talagang *'yan'* lang ang idinayo mo dito!?" natatawa pa ring tanong sakin ni Yago, hindi ako sumagot. **"E pano kung ayaw ko?!"** nakakalokong tanong nya pa.

"Nandito ka ba talaga para makipag-ayos o para mang-insulto?!" biglang galit na sigaw ni Mallyu dahilan para maingat ko sa kanya ang paningin ko! Kitang kita ko ang galit sa mga mata ni Mallyu dahilan para magsimulang bumilis ang tibok ng puso ko! **"Kinicked out kami ng LU---tapos haharapin mo ko at ganyan ang sasabihin mo?! Tarantado! Sinong niloko mo!"** sigaw nya pa sakin! **"Oh baka naman.. hahahahahaha.. Natakot ka don sa ginawa namin kanina sa mga kaibigan mo?! Wag kang mag-alala dahil hindi naman tinuluyan di ba??"**

"Gusto ko lang sanang mahinto na... nang tuluyan.." pakiusap ko pa.

"E pano nga mahihinto?! Kung ganitong pinaexpell kami nyang gurang mo'ng Lolo!!!!"

Tumayo sya at nagsimulang maglakad papalapit sakin!

"Hindi porket hindi kami sing yaman mo, Maxpein.. gaganituhin mo na kami.." kunwaring nagpapaawa munit nakangising sabi pa ni Mallyu. **"Hindi ka man lang naawa?? Alam mo namang *'kami'* lang ang nakakapag-aral sa mga pamilya namin hindi ba?? Alam mo namang bukod samin ay wala ng ibang nakakaalam ng mga kalokohan namin at kaya lang namin ginagawa 'to!!!!!!"** huminto sya sa pagsasalita at saka muling nanlilisik ang mga mata'ng tumingin sakin! **"Dahil sawang sawa na kaming makita ang pamilya naming nagkukumahog humanap ng pera para may ipabaon samin! Ha!"** singhal nya pa! **"Alam na alam mo**

ang takbo ng problema sa loob ng pamilya ko, Maxpein.. Kahit ganitong tatarantarantado ako----alam mong lahat ng pera'ng kinukubra ko ay pampalamon sa pamilya kong hindi tulad ng pamilya mong busog na busog at kumportable'ng nakakatulog!!!"

"M-Mallyu.." pigil ko pa sa kanya. **"A-Alam ko naman lahat yan at naiintindihan ko.. Kaya ako nandito para makiusap sa inyo.. please, wag ang mga kaibigan ko.. Natatakot na sila sa inyo.. Nagalit sila sakin at ako ang sinisisi nila kaya nakikiusap ako.. T-Tama na.."**

"Ha! At sinong gunggong naman ang makikinig dyan sa pakiusap mo!?" natatawa kunwaring tanong nya pa!

"S-Sige.. kakausapin ko si Chairman, at sasabihin kong ibalik kay---"

"Kung kelan inexpell na kami?! Bobo!!!" sigaw nya na naman sa mukha ko! **"Sana nung una pa lang inisip mo ng mangyayari 'to---- ginawa mo na sana yan! Bobo! Bakit ngayon mo pa naisipang gawin yan kung kelan inexpell na kame!"**

~PAK!!!~

Napalunok ako sa lakas ng pagkakasampal nya sakin!!! Habol habol ang hiningang iniharap kong muli ang mukha ko sa kanya munit nananatiling mababa sa kanya ang paningin ko!

"Kung hindi mo inuna ang kayabangan mo sa tingin mo aabot dito ang gulo'ng 'to??? Hahahahaha! Hindi naman tayo magkaaway hindi ba?! Yun nga lang.. hindi rin tayo tropa.. Dahil may kanya kanya tayong kalokohan sa buhay.. Hahahahahahahaha! Pero ang lamang namin sayo.. kami, nagpapakatotoo.. Ikaw?? Hahahahahahaha! Ni hindi mo nga matanggap sa sarili mong *'gangster'* ka rin e?? Ha?? Hahahahaha! Ano ka kamo?? Hindi ka gangster pero *'nananakit'* ka ng tao?! Hahahahaha! Ganon na rin yon! Bobo!" sigaw nya at natigilan naman ako at saka napatingin sa mga mata nya! Nananatiling nakangisi sya at saka tatangu-tangong hinahamon akong magsalita! **"Ano?? Nagulat ka?? Kasi alam ko?? Kasi narinig ko?? Hahahahahahaha!"**

"Pano mo narinig yan?" malumanay na tanong ko.

"E ano pa?! Edi nandon rin ako!"

Nandon rin sya nung oras na kausap ko si Sensui?!

Dahan dahang nagsalubong ang mga kilay ko habang nakatingin sa kanya at kunwaring natakot naman sya!

"Oooohh.. nagsisimula ng magalit si Maxpein.. Tsk tsk tsk.." natatakot kunwaring pang-aasar nya! **"Baket, Maxpein?? Ikaw lang ba ang pwedeng magpakalat kalat sa labas ng bahay ng mga Enrile---"**

"Anong ginawa mo don?" pigil ko sa sinasabi nya at nanlaki ang mga mata nya.

"Mmm.. yung totoo??? Hahahahahahahaha! Binabantayan ko si Enrile.."

"Bakit?" kalmado pa ring tanong ko dahil pinipigilan ko ang galit ko.

"Dahil... Mmmmm.." nag-isip pa sya kunwari. **"Bayad ako?!"** nakakalokong tanong nya pa kunwari! **"Oo! Hahahahahahaha! Binabantayan ako ni Enrile dahil bayad ako ni Choco!!! Hahahahahahahahahaha----huk!"**

Hindi ko napigilan ang sarili kong dakmain sya sa kwelyo ng polo nya..

"Oooohhh.." dinig kong sipol pa ni Yago na nakangisi sa gilid ng mga mata ko.

"Hahhaha! Bitiwan mo ko.." natatawa pa kunwaring sabi ni Mallyu na inalis ang kamay ko sa pagkakahawak sa kwelyo nya! **"Nandito ka para makiusap di ba?! Kung ganon.. wag kang umasta na parang mas matapang ka pa!!"** biglang seryosong dagdag nya at saka ako itinulak!

~BLAG!~

Hindi ko pinakita ang sakit na naramdaman ko sa malakas na pagkakahampas ko sa pinto!

"Anong meron dito??"

Mabilis kong naiangat ang paningin ko ng marinig ko ang pamilyar na boses na yon! Dahan dahan akong napalingon sa pumasok sa pinto!

SI CHOCO!

"Oh.." natatawang usal nya habang nakaturo sakin! **"Anong ginagawa nitong amazona'ng 'to dito!?"**

"Nandito daw sya para makipag-ayos at makiusap! Hahaahaha!!!" natatawang sagot ni Yago habang nakataas pa ang dalawang paa sa table! Si Mallyu naman ay naupo at inilagay pa ang dalawang kamay nya sa batok habang pinapanood kami ni Choco.

"Makipag-ayos?? Saan??" natatawang tanong ni Choco na inilapat ang dalawang kamay sa magkabilang side ko at kinorner ako. **"Ang lakas ng loob mong pumunta mag-isa dito.."**

"Umalis ka sa harap ko.." utos ko.

"Oh?! Akala ko ba nandito 'to para makiusap?? Ganyan ka ba makiusap??" kunwaring tanong pa ni Choco na nilingon sila Mallyu habang nakaturo sakin! Nagkibit-balikat ang mga 'to sa kanya kaya naman muli nya akong hinarap! **"Anong klaseng pakiusap ba yan, Taguro??"** tanong nya pa na tinignan ako mula paa pabalik sa mata habang nakangisi! **"Romansa??"**

~DAG!!~

Malakas kong itinulak sya!

"Hahahahahaha! T*ngina hindi ko malimutan kung gano kalakas sumapak 'tong babae'ng 'to! Solid pare!" natatawang sigaw pa ni Choco.

"Hahahahahahahahahahahahahaha! Malakas nga ang isang yan, boss.. Hindi basta basta ang isang Maxpein.. Lalo na at bihasa yan sa bakbakan.. Kaya nga hindi ko mabitiwan yan nung una dahil sayang naman.. Masarap isama sa mga rambol e.." natatawang kwento pa ni Mallyu.

"Oh e pano yan ngayon?? Nag-iisa ka at marami kami??" natatawang tanong pa ni Choco.

"Mahina sa kanya ang apat, boss.." natatawang sabat ni Yago at gulat naman syang nilingon ni Choco.

~PITIK!~

Pumitik si Yago at doon isa-isang nagsipaglabasan ang iba pa nilang myembro mula sa dilim! Nanlaki ang mga mata ko habang nakikita ko ang dahan dahang paglabas nila isa-isa!

"Hayaan mong ipakilala ko sayo ang pinakabago.." nakangisi pang sabi ni Yago at saka muling pumitik!

~PITIK!~

At mula sa tagiliran ko ay lumabas ang isang...

KEV GONZA!

Nanlaki ang mga mata kong tumingin sa kanya! Ibang iba na ang itsura nya ngayon kumpara sa unang beses ko syang nakita!

Anong nangyari dito?! Sumali sya sa grupo nila?! A-Anong trip nya?!

Napailing ako dahil hindi ako makapaniwala sa nakikita ko! Hindi ako makapaniwalang ang isang dating cute na Gonza ay mukhang wanted na sindikato ngayon sa harap ko!

"Ayan ang isa pa sa mga pinatalsik ng madupang mong Lolo sa LU, Maxpein.." si Mallyu.

At muling nanlaki ang mga mata ko habang nakatingin kay Gonza!

"Kumusta?? Destiny???" nakangising tanong pa sakin ni Gonza! **"Nag-enjoy ako sa mga pinadala mo.. Sana man lang ay hinintay mo akong makauwi bago ka umalis para naman napasalamatan kita sa mga nakakainsulto'ng regalo mo na hulog ng langit.. Hindi ko alam na anghel ka pala, destiny?? Kaya naman pala ang ganda ganda mo sa paningin ko.."**

"Ano na ngayoooon, Maxpeeeeeeiiin!!!!" sigaw ni Mallyu dahilan para mapunta sa kanya ang paningin ko! **"Ano ng gagawin mo??? Hahahahaha!!!"**

"Bwahahahaha!!!" malakas na nagtawanan sila!

"Ang lakas ng loob mong sumugod dito'ng mag-isa.. at para ano?? Makipag-ayos at makiusap??? Matapos mong iexpell ang mga 'to at sa solid na pagkakasapak mo sa mukha mo---saka ka makikiusap at makikipag-ayos?? Hahha! Napakatino naman yata nyang utak mo??" si Choco at hindi ako nakasagot!

"Ano na, Maxpein?? Ganyan ka na lang??? Pagpyepyestahan ka na lang ba ng mga mata namin?? O patitikimin mo rin kami??" si Yago. **"Magbibilang ako ng isang libo?? O pasusugurin ko na ang mga bata ko?? Marami rami 'tong pagprapraktisan mo bago makarating saming apat.. Ako.. si Mallyu.. si Gonza at si Choco.. Uunahin mo ang mga bata ko?? O uunahin mong salubungin si Kamatayan sa mga kamay ko??"**

"Ayoko ng gulo.." mahinang usal ko at natigilan silang lahat.

"Bwahahahahhaha!!!" at malakas na tumawa!

"Ayaw mo ng gulo?! E gago! Bakit ka pumunta dito!? Bobo!!!" si Mallyu.

"Gusto kong makipag-ayos sa inyo.. at sana pakinggan nyo ang pakiusap ko.. Tigilan nyo ang mga kaibigan ko.. wag na wag nyong idadamay ang mga kaibigan ko.. Kapalit non.. ibabalik ko kayo sa LU.." malumanay na sabi ko.

"Pano naman ako??" si Choco na nakaturo sa sarili nya. **"Dinig ko ay ieexpell rin ako ng Lolo ng syota mo??"**

"Kung gusto mo.. dito ka na rin sa LU.. para magkakasama na kayo.." nakangising sagot ko.

"Aba'y tarantado ka rin namang talaga ano?!" ngingisi ngising tanong ni Choco at saka dahan dahang lumapit sakin. **"Anong proseso ba yang ipinagmamalaki mo't maski aray ay mahihirapan akong**

maisigaw?? Subukan nga natin.." hamon nya pa. "**Tignan ko kung pagsisisihan ko sa hule! Hahahahaa!!!!**" malakas na tawa nya at saka sumeryoso! "**Ayokong makikitang may tira'ng parte sa katawan ng hayop na babae'ng yan!!!!**" galit na sigaw nya habang nakatingin at nakaturo sakin! "**Ligpitin nyo ang isang yan!**" utos nya sa mga bata nya na isa-isang lumapit sakin!

"**Hindi na ba talaga ako pwedeng makiusap??**" nakangising tanong ko pa habang na kay Mallyu ang paningin! Kitang kita kong galit akong nilingon ni Choco munit hindi ko sya nilingon!

"**Patayiiiiinnnn nyo na yan!!!!!!!!!**" malakas na sigaw ni Choco at saka lumapit sakin ang isa!

~BLAG!!~

Mabilis kong sinipa ang isa at sinuntok ang papalapit pang isa!

~PAK!~

"**Matapang kang talaga...**" nakangising sabi pa ni Choco habang nakatingin sakin at kunwaring tuwang tuwa. "**Sige.. isa-isa lang mga bata.. Isa-isa lang.. Gusto kong mapanood syang manghina habang papalapit sakin..**"

~BLAG!!~

"**Pwede bang sakin yung kalahati??**"

Dahan dahan akong napalingon sa likuran ko..

SI RANDALL!!

"**A-Anong ginagawa mo dito!?**" gulat na tanong sa kanya ni Yago.

"**Mmm.. namiss kong manapak, pwede ba kayo??**" tanong ni Randall at saka nakakalokong ngumiti sa kanila! At saka sya tumingin sakin. "**Hinintay ko ang tawag mo, pero hindi ka tumawag.. Akala ko pa naman, ako ang unang unang tatawagan mo kapag kailangan mo ng tulong?**" nakangiti pang tanong nya sakin at saka tumingin sa kanila. "**Ano na?? Wala pa ba?? Bilis.. May duty pa ko...**" nakangiting tanong ni Randall at saka isa-isang nagsipagsuguran ang mga bata nila Mallyu!

~BLAG!!!~

~PAK!~

"**A-Ah!**"

"**Hak!**"

"**Ya!**"

"**Ah!**"

"**H-Hup!**"

"A-Ah!"

~BLAAAG!!~

~PAAAKK!~

Pareho naming habol habol ni Randall ang hininga matapos ubusin ang mga bata nila.. Sabay kaming huminto at sumandal sa likod ng isa't isa habang nakangiting nakatingin sa apat na nakaupo pa.

"Oh?? Bat may bata dyan??" natatawang tanong ni Randall na si Gonza ang tinutukoy! "**Hoy bata.. wag mo 'tong gagawin sa bahay ha?? Hehehehehehe!"**

"Gago ka ah!!!" siagw ni Gonza at saka sumugod sa kanya!

"W-Wag.." awat ko kay Randall nung mabilis nyang hinawakan ang damit ni Gonza at akmang sasapakin ito! Gulat na napatingin sakin si Randall! **"Magpasapak ka na lang.. pero wag mo syang sasapakin.."** utos ko pa at nagtaka naman sya. **"Tayo!"** sigaw ko kay Choco at gulat naman syang tumingin sakin! **"Tayo.."** hamon ko pa sa kanya at saka sya dahan dahang tumayo at ngumisi naman ako. **"Hindi ka pala madadaaan sa pakiusapan e.."** sabi ko na ipinakita pa sa kanya ang pagbukas sara ng kanang kamao ko. **"Alam mo bang gustong gusto kong gumamit ng asero kapag yang mukha mo ang sasapakin ko?? Bukod kasi sa matigas na---masyado pang maganet!"** sigaw ko sa kanya at nanlilisik naman ang mga matang sumugod sya sakin!

Nginisian ko sya at inantay na sumugod sakin! Mabilis na kinuha nya ang kahoy sa tabi nya at saka dahan dahang naglakad papalapit sakin! Kaya naman nung sumugod sakin si Choco ay malakas na tinapakan ko ang kahoy na malapit sa paanan ko dahilan para mapatalon yun at sinalo ko sa ere! Nakanganga at nakangising sinenyasan ko syang lumapit sakin!

"Taaaaaa!!!!" sigaw nya pa habang pasugod sakin! Kaya naman natatawa pa akong inilagan sya at malakas na hinampas sa likod!

~PAAK!!!~

"A-Ah!!!" singhal nya at saka napahawak sa likod nya!

"Ang bagal mong tumakbo.. magbawas ka kasi ng timbang mo.." pang-aasar ko pa sa kanya at saka sya mabilis na tumakbo papalapit at...

~PAAKK!~

Nung matumba sya ay mabilis akong lumapit sa kanya at naupo sa likuran nya habang nakadapa sya! Patalikod na sinabunutan ko ang buhok nya at inilapit ang bibig ko sa tenga nya!

"HIndi ako marunong mapagod, Choco.. kaya kung ako sayo.. Sumuko ka na at tigilan mo na ang mga kaibigan ko at ang kakabayad sa mga tao'ng 'to.. dahil mas gamit na gamit ka kumpara sa kanila.. Masasaktan ka lang habang gumagastos ka.. Kaya habang mabait pa ko, magpaubaya ka na.. Dahil hindi mo magugustohan kapag pinilit pa kita.." makapangyarihang bulong ko at saka pabatong binitiwan ang mukha nya!

At saka ako dahan dahang lumapit kay Yago at saka ko ipinatong ang magkabilang kamay ko sa arm rest ng sofa na kinauupuan nya at saka kinorner sya. Nakangisi sya sakin munit basang basa ko ang *TAKOT* sa mga mata at nanginginig na mga kamay nya!

"Ikaw na ang sunod.." banta ko pa. **"Huling pakiusap.. titigilan mo ang mga kaibigan ko?? O lulumpuhin kita ngayon??"** nakangiting tanong ko at nawala ang mga ngiti sa mukha nya at saka ko sya tinignan ng seryoso. **"Masyadong maganda ang offer ko para tanggihan mo.."** at saka ko nilayuan at lumapit kay Mallyu.

Bakas na bakas ang angas kay Mallyu munit ramdam na ramdam ang kaba'ng nangingibabaw sa kanya..

Ipinatong ko ang paa ko sa hita ni Mallyu at gulat naman syang tinignan ako! Ipinatong ko sa hita ko ang siko ko nakapangalumbaba'ng tumingin sa kanya.

"Tulad nung sinabi ko sa kanya.. Huling pakiusap.. titigilan mo ang mga kaibigan ko?? O lulumpuhin ko 'tong abubot mo.. at hahatiin ko sa dalawa ang katawan mo??" nakangising banta ko.

Nakipagtitigan sila ng masama sakin hanggang sa sumeryoso ang mukha ko.

"Tumatakbo ang oras.. nagbabago ang desisyon ko.." naiinip na kunwaring dagdag ko pa.

"U-Umalis na kayo dito.." utos ni Mallyu.

"Hindi nyo pa sinasagot ang pakiusap ko.." iwas ang paninging sabi ko pa.

"Umalis na kayo dito! Alam mo na kung anong ibig sabihin nyan!!!!!" galit at walang magawang sigaw ni Mallyu dahilan para mapangiti ako at muling tumingin sa kanya! Nung makita ko ang takot sa mga mata nya ay saka dahan dahang nawala ang mga ngiti sa mukha ko at madiin na tinitigan sya.

"Sa susunod na makita ko ang mga pagmumukha nyo sa alinmang lupa'ng tinatapakan ko.. ihanda nyo na ang sarili nyong sumalubong sa impyerno.." madiing usal ko at saka tumalikod sa kanya at tumingin kay Gonza na gulat na gulat na nakatingin sakin pero hindi ko na sya pinansin. **"Tara.."** yaya ko kay Randall.

"Tsh.. ang boring.." natatawang sabi pa ni Randall at saka sumunod sakin..

Nung makalabas kami ay saka ko lang tuluyang napansin ang mukha nya..

"O-Oh??" gulat na turo ko pa sa mukha nya. **"M-May bangas ka??"**

"T-Tsh.. malamang.. Nasapak ako e.."

"Bwahahahaha!!!" natawa ako sa kanya! **"Lakas ng loob mong tumulong---ikaw pa 'tong nasapak!? Tignan mo ko?? Walang kagalos galos.."**

"Tsh.. wag ka ng babalik dito ng mag-isa ah??"

"Ano nga palang ginagawa mo dito??"

"Sinundan ka!"

"Bakit??"

"N-Nag-aalala ako e.."

"Tss.. Okay lang ako.."

"Okay ka lang kasi dumating ako---kung hindi.. Tsh.." singhal nya pa at saka iniiwas ang paningin sakin.

"Nasan ba yung kotse mo?? May dala ka bang gamit mo?? Gagamutin ko yang sugat mo.."

"Hindi ko dala ang kotse ko.."

"Oh e p-pano ka nakarating dito??"

"Tsh.. nakiangkas lang ako sa tricycle nung makita kong nagmamadali kang magmotor kanina! Masyado kang mabilis kaya naman n-nag-alala ako sayo't s-sinundan kita.."

OceanofPDF.com

CHAPTER 129

RANDALL'S POV

Gusto kong matawa sa reaksyon ni Pein nung sabihin kong nakisakay ako sa trike para lang masundan sya dito..

Parang gulat na gulat sya at salubong pa ang mga kilay nya habang nanlalaki ang mga mata!

Nginitian ko sya at saka ginulo ang buhok nya..

"Ayos lang.." sabi ko pa.

"H-Hindi.." iiling iling pang sabi nya. **"S-San ka ba?? Ihahatid na kita.."** dagdag nya pa at saka sinulyapan ang motor nya at mas napangiti naman ako.

I miss this..

Bumuntong-hininga ako at saka sumeryoso kunwari..

"Sa Coffee Shop.." sabi ko pa at gulat na naman syang napatingin sakin.

"Coffee Shop??" takang tanong nya.

"Mmm.. sa Coffee Shop.. I deserve a reward.." sabi ko pa na pinunasan kunwari ang putok na labi ko. **"Shhkk.."** singhap ko pa kunwari. **"Hindi ko alam na may malalakas na palang manapak don ngayon.."**

"Arasseo.." pagkokorean nya pa. **"Tara.."** sabi nya at ngumiti naman ako.

Lumapit kami sa motor nya at saka pinunasan ang upuan niyon dahil nalaglagan ng mga natuyong dahon..

"Can I drive??" nakatinging tanong ko pa habang nakatalikod sya at taka na naman syang nilingon ako.

"Eh??"

"Is it okay i-if I drive??"

"I-Ito??" turo nya pa sa motor nya at tumango naman ako. Napailing pa sya at saka muling tumingin sakin. Bumuntong-hininga sya at pabato'ng ibinigay sakin ang susi.

Nakangiting sumakay ako doon at saka inabot ang helmet sa kanya.

"Ikaw ang maghelmet.. b-baka mahuli tayo.." sabi nya pa.

"Mmm.. kumapit ka na lang sakin.." nakangiting sagot ko naman.

"B-Bagalan mo na lang.." sagot nya pa at napatango naman ako sa kanya.

Maya maya lang ay sumakay na sya at umaandar na kami.

Sabay naming sinalubong muli ang hangin sa kalagitnaan ng mahabang daan..

Nakangiti akong inalala ang nakaraan namin..

~FLASHBACK~

"Mahal.. Sumakay ka na.." nakangiting yaya ko kay Pein.

"San ba punta natin??" takang tanong nya na mabilis umangkas sakin.

"I deserve a reward, you know.." nakangising sagot ko habang nakalingon sa kanya at pareho kaming sakay ng bagong motor ko.

"Tss.. Ako 'tong maraming nasapak tapos ikaw ang may reward??" nakangisi ring tanong nya.

"Hahahahaha.. idedate mo ko.."

"Hala sya sige! Kung dyan ka sasaya!" kunwaring napipilitang sabi nya at saka ko in-start ang motor ko at nagdrive..

Maya maya pa ay biniro ko sya.. Binilisan ko ang pagdadrive at napayakap sya sakin!

"A-Ano ba?! Nagmamadali ka ba?!" gulat na tanong nya habang ngingisi ngisi naman akong nagdadrive.

"Gusto ko lang talagang humigpit ang yakap mo.." malakas na sagot ko pa sa kanya habang ngingiti ngiting nagtuloy sa pagdadrive.

~END OF FLASHBACK~

Pero hindi na kami ganon ngayon.. at hindi na namin pwedeng gawin yon..

Binagalan ko ang pagmamaneho at maya maya lang ay narating rin namin ang isang maliit na Coffee Shop na kami malayo sa pinanggalingan namin kanina.

Agad syang bumaba at tinanaw ang kabuuan ng Shop na yun.

"Hindi ko alam na may ganito pala dito?" takang tanong nya pa.

"Mmm.. kelan ko lang rin nalaman 'to.." sabi ko at saka inayos ang pagkakasabit ng helmet sa motor nya at saka ibinalik ang susi sa kanya.

Naglakad kami papasok at sinalubong naman agad kami ng mga crew.

Pagpasok namin a taka pa kami parehong inilibot ang mga mata namin sa kabuuan ng shop dahil parang may event na nagaganap.

"Anong meron?" tanong ko pa sa babae'ng crew na lumapit sakin.

"Ahh, Sir.. Wedding Anniversary po.." nakangiting sagot naman nito sakin at napatango naman ako.

"I see.. Mmm.. may available pa bang table?"

"Yes, Sir.. Marami pa po.. This way, Sir.." yaya nya pa samin at saka nya kami dinala sa veranda. **"Fresh po ang hangin sa part na 'to at maganda ang tanawin.."** nakangiting sabi pa nung babae at tinignan ko naman ang tanawin. Bukod sa maraming halaman sa baba ay may matatanaw ka ring mga ilaw na nakasabit sa mga puno. **"Romantic po ang place na 'to kaya hindi po kayo magsisisi.."**

"A-Ahh.. w-we're friends.." napapahiyang sabi ko pa don sa babae at napakagat-labi naman sya at saka napapahiyang tinanguan na lang kami. Tumingin ako kay Pein at inalalayan syang makaupo.

"Eto po ang Menu namin, Sir.. Nandon lang po akong kung ready na po kayong um-order.." sabi pa nung crew at saka muling tumango at bahagyang lumayo samin.

"What do you want to have?" tanong ko pa kay Pein habang nakatingin sa menu.

"Mmm.. Coffee lang sana dahil akala ko kape lang ang meron dito.. Pero parang sinasabi nitong velvet cake na 'to na kainin ko sya kaya gusto ko rin nito.."

Gulat akong napatingin sa kanya..

At gulat rin syang tinignan ako.

"Bakit?" takang tanong nya pa nung mapansin nyang nakatitig lang ako sa kanya.

Ngayon lang kita ulit naramdamang kumportable kasama ako..

"A-Ahh wala.." pagsisinungaling ko at saka iiling-iling na tumingin sa menu at pumili.

Hindi ko maintindihan kung bakit parang nakaramdam ako ng bahagyang panghihinayang ng dahil sa naisip ko..

Ramdam kong kumportable si Maxpein kasama ako..

Nakakatuwa rin naman ang isiping yun pero isa lang ang ibig sabihin nun sa pang-intindi ko..

She's okay now.. Very much okay now..

Napabuntong-hininga akong naghintay sa order namin at tinanaw ang mga ilaw sa mga puno.

"Pwede ko bang m-malaman kung bakit mo ginawa yun??" tanong ko habang nakatingin sa mga puno'ng yun. Ramdam ko ang pag-angat ng

paningin nya sakin kaya naman dahan dahan ko syang nilingon. Bumuntong-hininga pa ako at saka nagtuloy. **"Kilala kita.. Alam kong.. hindi ka gagawa ng bagay ng wala kang matinding dahilan.. At sigurado akong maiintindihan ko ang dahilan mo pero.. kung okay lang sayo.. g-gusto ko sanang malaman kung bakit mo ginawa yun? Yung kanina.. Bakit??"**

Ngumiti sya at muling tumingin sa dali nyang nagpapaikot-ikot sa mesa..

"Ang totoo?? Hindi ko rin alam.." pilit ang ngiting sagot nya pa. **"Hindi ko alam kung san ako kumuha ng lakas ng loob para s-sumugod mag-isa don kanina.."** at saka sya sumeryoso. **"Ang iniisip ko lang kasi.. ay ang mga kaibigan ko.."** tumingin sya sakin at nakinig naman ako sa kanya. **"Masyadong magulo ang naging pagpasok ko sa BIS.. Wala ata akong araw na tumagal ng tahimik.. Lahat magulo.. Tss.."**

"Dahil ba don sa mga bullies?"

"Mmm.. dahil sa mga bullies na nabawasan naman.. Pero hindi na nawala.." bumuntong-hininga sya at saka salubong ang kilay na nilingon ang mga puno sa labas ng veranda. **"Hindi ko alam kung bakit kailangang gawin nila Mallyu at Yago sakin ang ganito.. Kung bayad sila ni Choco, bakit kailangang idamay nila pati ang mga kaibigan ko? Kilala ko silang tarantado at sabay sabay kung sumugod.. Pero sa pagkakatanda ko.. hindi nila ugaling mandamay ng mga tao'ng hindi naman nila pakay.."**

"Mmm.. I agree.." sang-ayon ko sa kanya. **"Pero kasabay ng pagbabago ng ihip ng hangin at panahon ay nagbabago rin ang ugali ng tao.."** sagot ko at nilingon nya na naman ako. **"Maaaring.. yun ang nakita nilang paraan para magalit ka.. Posible ring plinano na nila talaga yun dahil alam nilang susugod ka sa kanila..."**

"Tss.. Sa tingin ko, paraan lang nila yun para manakot.. Dahil kung talagang plinano nilang gawin yun, hindi na sila magugulat na makita akong pumunta don.."

"Wag ka ng pupunta mag-isa don ah??" nag-aalalang sabi ko at tumingin naman sya sa mga mata ko. **"Kahit anong mangyari.. tawagan mo ko.. Dadating ako.."**

"Hindi na mauulit yun.."

"Pano ka nakakasiguro..??" seryosong tanong ko at napaisip naman sya at hinga ng malalim. **"Hindi na natin kilala sila Mallyu at Yago**

ngayon.. Masyadong matataas na ang ere ng mga yon at hindi na sila natatakot kahit na sino ka pa.. Kung tulad pa rin sila ng dati.. sa tingin mo ba ay gagawin nila yun sa mga kaibigan mo?? I don't think so.. Dahil kung tulad pa rin sila nung dati na kahit na hindi mo sila tropa ay nirerespeto ka nila.. edi sana, hindi nila hahayaang tanggapin ang kabayaran sa kanila para kabanggain ka.."

Napailing sya at muling bumuntong-hininga..

"Gusto kong mahinto na 'to.. Ayaw kong may nadadamay na ibang tao dahil sa gulong pinasok ko.."

"Hindi mo naman kasalanan yan e.. Sila ang unang nanggulo sayo.."

"Pero hindi nila ako tinitigilan.. p-pati mga kaibigan ko nadadamay at yun ang iniiwasan ko.. N-Nagagalit na kasi sila sakin.. ultimong si Dean nagalit sakin.. Tsk.."

"Hindi kasi nila naiintindihan.. Hindi ka rin kasi nagpapaliwanag.. At mas lalong hindi ka humihingi ng tulong.."

Natigilan sya sa prangkang sagot ko.

"I'm just being honest here.. That's what I've noticed about you, Pein.. You can't explain yourself dahil parati mong sinasabing hindi mo kailangang magpaliwanag at wala kang dapat ipaliwanag, where in fact, andami mong kailangang ipaliwanag.." deretsang dagdag ko at napailing naman sya. **"You never asked for help.. You do everything all by yourself.. I'm not saying here that you're over-confident, that's not what I meant.. It has nothing to do with your confidence.."**

"Ewan ko ba.." napapabuntong-hiningang sagot nya. **"Parati akong maraming iniisip.. Gusto ko parating safe ang desisyon ko.. Tss.. Nababaliw na yata ako.."**

"Hahaha.." natawa ako sa sinabi nya at napanguso naman sya sakin. **"Thank you for being honest.."**

"Tss.."

"Hahahaha.. Sorry for laughing this hard.. its just that.. I thought you'll disagree hahhahaha!"

"O-Okay sorry.." pigil ang tawang sabi ko at saka pilit sumeryoso at tumingin sa kanya. **"If this is unavoidable then.. Use me.."**

"H-Ha??"

"Use me.." pag-uulit ko.

"What do you mean?" seryosong tanong nya at ngumiti naman ako.

"Use me whenever you need help.." nakangiting sagot ko at nanatili syang seryoso. **"Things are all different now.. pero nasa akin pa rin yung care ko sayo.. I care for you and I don't want you to get hurt.. Can you t-take that as a deal??"** tanong ko pa at natigilan sya.

Hindi sya nakapagsalita at nanatiling nakatingin sa akin na animong binabasa ang laman ng isip ko..

"Hahaha.. come on, Pein.. Don't get me wrong.. I'm saying that.. you can use me, whenever you need help.. tulad na lang nung nangyari kanina.." seryoso munit nakangiting dagdag ko. **"At least.. sa ganong paraan.. hindi na kita kailangang kulitin at puntahan para malaman kung ayos ka lang ba o hindi.. Hindi ka na rin maiinis kapapaulit-ulit saking okay ka lang.."**

"Deal.."

Ako naman ang natigilan sa mabilis na sagot nya.

Nakatingin sya ng deretso sakin kaya naman agad akong nagrecover sa pagkakagulat.

"Okay then.. deal na natin 'to.. Kung kailangan mo ng backup.. I'll be there for you.. Just give me a call and please.. drive safely.." pakiusap ko pa at ngumiti naman sya.

Dumating ang in-order namin kaya naman sandaling natigil ang pag-uusap namin..

Sinimulan naming kumain habang umiinom ng coffee..

"Kumusta na kayo ni Deib?"

"Huk!"

Gulat akong napatingin sa kanya nung bahagyang masamid sya at umubo ubo pa sa tagiliran nya!

"A-Are you okay??" tanong ko pa. **"A-Ah excuse me??"** tawag ko don sa crew. **"Can I have a water please?"**

"Yes, Sir!" tugon nito at saka mabilis na kumilos.

"Pein?? Are you okay??"

"I-I'm okay.. I'm okay.." pilit ang ngiting sagot nya.

Tinanong ko lang si Deib.. n-nasamid na?? What's wrong??

"H-Hahaha.. S-Sinabi ko lang yung pangalan ni Deib.. n-nasamid ka na??" natatawa kunwaring tanong ko pa sa kanya at pansin na pansin namang nailang sya.

"A-Ahh h-hahaha.. M-May naalala lang.."

"About Deib??"

"H-Ha??"

"Hahahaha.. May naalala ka ba kako tungkol kay Deib??"

"A-Ahh.. O-Oo.." pilit ang ngiting sabi nya pa at ngumiti rin ako.

"That kid.." sabi ko pa at saka muling ngumiti sa kanya. **"Is now a man.."** dagdag ko pa. **"Sa dalawang taong nakilala ko sya.. parang naging kapatid na rin sya sakin.."** natatawang sabi ko pa at nakinig lang sya. **"Mas madalas ko pa syang makasama kesa sa tunay na kapatid kong si Rhumzell.. Masarap kasama ang isang yun.."** nangingiti pang sabi ko habang inaalala ang mga bonding namin ni Deib, Lee at Tob. **"Hahahahaha.. In fact, mas mabait pa sya sakin kesa kay Dein.. Tsk tsk.."**

"Tss..." singhal nya at napatingin naman ako sa kanya.

"Hahaha.. Why?? Bakit ganyan ang reaction mo?"

"Erase the word *'mabait'*.."

"Hahahaa.. b-bakit naman??" pilit ang ngiting tanong ko.

"Nito lang sya naging ayos sakin.. Sa twing maiisip ko yung mga kalokohang ginawa nya sakin noon.. Tss.. gusto'ng gusto ko syang burahin sa mundo.." bahagyang nakangiting sagot nya pa at saka humigop ng papel.

"Then why didn't you do it?" deretsong tanong ko habang nakatingin sa kanya dahilan para matigilan sya sa paghigop ng coffee. Kitang kita ko pa ang bahagyang paglunok nya habang nakatingin sakin. **"Kung ganon nga karami ang kalokohang ginawa nya sayo.. w-why didn't do it?"**

"W-What do you mean??" seryosong tanong nya at natawa naman ako.

"Hahahahaha.." tawa ko at saka bumuntong-hininga at nakangiting tumingin sa kanya. "Hindi yan ang Pein na kilala ko.." iiling-iling pang sabi ko. **"Yung mga binugbog mo don kanina.. karamihan ng nandon ay bata lang nila Mallyu at walang ginawa sayo pero itinumba mo.. Si Deib.. sayo na rin nanggaling na marami syang kalokohan sayo.. p-pero bakit wala man lang akong nabalitaang nagkagalos sya ng dahil mismo *'sayo'*??"**

Napasandal sya sa upuan nya at nagkrus ng mga kamay at saka nakangiting tumingin sa tasa ng kape nya..

That smile..

Napailing ako habang pinagmamasdan syang kusang mangiti habang astang nag-iisip..

"Mmm.." nag-iisip pa kunwaring usal nya. **"Bakit nga ba??"** pagtatanong nya sa sarili nya at saka muling tumingin sakin, bahagya pang nagulat ang dibdib ko nung muling magtama ang paningin namin at bahagyang nakangiti pa sya. **"Bakit nga ba sa dami ng kalokohang ginawa nya sakin ay hindi ko man lang nagawa sa kanya ang mga bagay na ginagawa ko sa mga taong kumakanti sakin.. Hindi ko alam.. Tss.. Haha.."** bahagya syang natawa sa sarili nya kaya naman naiiwas ko ang paningin ko sa kanya.

Hindi ako nagpahalata sa naging reaction ko..

Dumaan ang ilang mga minuto at hindi na kami masyadong nagkakwentuhan..

Ramdam kong medyo nawalan ako ng ganang magkwento at hindi naman sya masyadong nagsasalita..

Nung maramdaman kong tapos na sya sa kinakain at iniinom nya ay naglabas ako ng sigarilyo at saka nagsindi ng isa..

"You still smoke?" tanong ko pa sa kanya at tumango naman sya. **"Here.."** abot ko sa kanya nung kaha at ligher..

Kumuha sya ng kanya at saka nagsindi..

Nakangiting pinagmasdan ko pa sya habang humihithit ako't buga..

"I can still remember when you first learn how to smoke.." sabi ko pa habang nakangiting nakatingin sa kanya, tumingin sya sakin at saka bumuga ng bilog. **"Hahahahaha! Ssshhhkk.. Now I'm blaming myself.. sa dami ng pwede kong ituro sayo.. Bakit nga ba ito pa??"** natatawang tanong ko.

"Nung turuan mo kong manigarilyo ay hindi naman ako nagpatuloy sa paninigarilyo.."

Taka akong napatingin sa kanya sa naging sagot nya at muling humithit buga sya..

"Hindi ba??" takang tanong ko.

"Mmm.. tinuruan mo lang ako pero hindi naman ako nagtuloy sa paninigarilyo.." seryosong sagot nya pa.

"Kung ganon.. kelan ka nagtuloy??"

"Nung iniwan mo ko.."

Naibaba ko ang sigarilyo ko at hindi makapaniwalang tumingin sa kanya.. Ramdam ko ang unti-unting pagkawala ng ngiti sa mukha ko..

Hindi ko maipaliwanag ang naging epekto nung sagot nya sakin..

Nagulat ako at hindi inaasahan ang sagot nya..

N-Nung iniwan ko sya??

Nakaramdam ako ng kaba sa loob ng dibdib ko..

Ngumiti sya nung mapansin ang pagkagulat ko..

Muling humithit ng isa at nakatingin sakin bumuga..

"Syempre.. dumaan rin ako sa proseso ng pagiging normal na brokenhearted.." nakangiting dagdag nya pa. **"Tamad bumangon.. Tamad kumain.. Tamad pumasok.. Kung san san pumupunta.. Naglulustay ng pera.. Bumabarkada.. Umiinom.."** natatawang sabi nya pa na animong may inaalala. **"At habang umiinom.. don ako natuto'ng manigarilyo.. Natuto ako sayo pero.. ms natuto ako nung sinabayan ko ng alak.. Hehehehe.."**

Hindi ko maintindihan kung matutuwa pa ako o malulungkot sa sinabi nya..

Hindi ko inaasahang sasabihin nya sakin ngayon 'to..

Ilang beses kong sinubukang kausapin ka ng maayos para malaman ang nararamdaman mo.. para malaman kung anu-anong ginawa mo nung mga sumunod na araw nung iwan kita.. Pero dahil ni isa sa mga yan ay hindi mo sinagot ng maayos.. Ngayon ay nagugulat ako dahil isa-isa mong inilalabas..

Hindi ko maipaliwanag kung bakit.. Pero ramdam kong nasasaktan ako..

Hindi na sya kumibo pa kaya naman muli akong napatingin sa kanya..

O-Okay ka na ba??? gusto kong itanong sa kanya..

Pero hindi ko magawa..

"Malakas ka pa ring sumapak.." pag-iiba ko sa usapan at muli syang napatingin sakin at ngumiti.

"Hindi ko na maalis e.." natatawang sagot nya.

"Hindi ka ba tinamaan??"

"Mmm.." iling nya.

"Ahh yeah.. Hahahaha! Bakit pa ba ako nagtanong?? Ang isang Maxpein?? Tsk tsk.. Walang kupas.." natatawang sabi ko at nakitawa naman sya. **"B-Bakit nga pala hindi ka sinamahan ng mga kaibigan mo?? N-Ni... D-Deib?"** kunwaring tanong ko at palihim naman syang napailing.

"H-Hindi nila alam.." iiling-iling na sagot nya at napatitig naman ako sa kanya.

"B-Bakit hindi mo sinabi??"

"A-Ayokong mag-alala sya e.."

Para akong nanlumo sa isinagot nyang yun.. pero hindi ako nagpahalata at nagpatuloy.

"E-Edi sana isinama mo na lang sya.."

"Tss.. Hindi lahat ng lalaki ay marunong lumaban.. lalo na yung tulad nyang mayaman.." natatawang sabi nya pa at napailing naman ako.

"P-Pero m-mas mag-aalala sya kapag nagkataong may nangyari sayo.."

"Kaya nga salamat at dumating ka.."

Nawala ang panlulumo ko sa naging sagot nya..

"Ikaw lang yata ang makakatulong sakin pagdating sa mga ganitong bagay.." natatawa pang dagdag nya. **"Pano ko nga ba makakalimutang.. kaya tayo nagkasundo dahil tayo mismo ang nagsasapakan noon.. Tss.."**

"Hahahahahaha!!!" muli kaming sabay na natawa.

"Naalala mo pa yun??" natatawang tanong ko.

"Alin don??"

"Yung sinipa mo ko at sinipa rin kita?? Hahahaha!"

"Tss.. sinong makakalimot?? Wala akong ginagawa sayo bigla kang naninipa?? Makapagpapansin lang.. Tss.."

"Kaya nga napansin mo ko e.." nakangising sagot ko at natawa naman sya. **"Ginagawa mo ba talaga 'to madalas??"**

"Ang alin??"

"Ang makipagrambol.."

"Mmm.." nag-isip pa sya kunwari. **"Oo.. madalas ko 'tong ginagawa.. *'noon'*.. Hahahahaha! Kasama mo.."**

"Hahahaha!!!" at sabay kaming natawa sa isa't isa.

Natigilan lang ako sa pagtawa nung muli akong mapatitig sa napakagandang ngiti nya..

Nanatili akong nakatingin sa kanya at kapansin pansin naman ang paulit-ulit nyang pagtingin sa relos nya..

Kaya naman tumingin rin ako sa relos ko..

9:00pm?!

Hindi ko napansin ang oras!

"D-Do you wanna go home??" ilang pang tanong ko.

"A-Ahh.. K-Kung okay lang sana sayo??" tanong nya pa.

"Mmm.. Oo naman.. mukhang may gagawin ka pa e.."

"W-Wala naman pero late na rin kasi.."

"Mmm.. hindi ko rin napansing alas nuebe na pala.."

"Ako rin e.."

"Ang tagal pala nating nagkwentuhan.. Hahahaha! Mas tumagal pa tayo dito kesa don sa bakbakan.."

"Mmm.." nakangiting tugon nya.

Ako ang nagbayad ng maliit na bill namin at saka kami lumabas ng Coffee Shop na yon.

"San ka ba? Ihahatid na kita.." sabi nya pa at natigilan naman ako.

"H-Hindi na.. m-magtataxi na lang ako pauwi.." nahihiyang sagot ko pa.

"Ganon ba? Mmm.. Pasensya na nga pala sa abala ah??" sinseryong dagdag nya pa at saka tumingin sa mga mata. **"M-Mmm.. n-nag-enjoy ako.. Salamat sa oras mo.."** tatangu-tango pang dagdag nya at napangiti naman ako.

Ngiting hindi ko mapigilang ilabas dahil ramdam ko ang tuwa sa puso ko dahil sa sinabi nya.

"Mmm.. Pero.. wag mo sana isiping abala ka.. Kahit kelan hindi ka magiging abala sakin.." matamis ang mga ngiting sagot ko at ngumiti rin sya. **"Aasahan ko yung deal natin ah?? Wag kang susugod ng mag-isa.. Kelangan, bago ka sumugod ay kasama mo na ang backup mo.. at ako yun! Hehehehe.."**

"Oh.. Pero hindi ba't mas maganda kung wala ng kasunod? Hehehehe.. napapagod na ang kamay ko e.. ang titigas ng mga mukha nila.."

"Hindi naman sa hinihiling ko pero.. kung sakaling magkaron, wag na wag mo ko kalilimutang tawagan ah??"

"Sige ba.." nakangiti pang sabi nya.

"Mmm.. sya sige, mauna ka na, tatanawin na lang kitang makaalis at saka ako uuwi.."

"Sige.."

"Ingat ka sa pagmamaneho.."

"Ingat ka rin pag-uwi.."

"Salamat.."

"Salamat rin.." nakangiting sabi nya pa at saka sumakay sa motor nya.

~BEEP!~

Busina nya pa bago tuluyang umalis.

Iba pa rin talaga.. kapag ikaw ang kasama..

Bagsak ang mga balikat na pumara ako ng taxi at saka umuwi..

DEIB'S POV

Badtrip!!!!

Badtrip pa rin!

Mas badtrip!

"Grrrrrrrrr!!! Bakit ba ang papangit lahat! Lahat pangit! Walang maganda! Ang papangit!!!!" inis na sigaw ko don sa mga drawings ko!

May assignment kami sa Drafting at maski isa ay wala akong nagustohan sa mga drawings ko!

Bakit ba hindi nagrereply sakin si Taguro!

Inis kong kinuha ang cellphone ko..

AT MULING NADUROG ANG PUSO KO..

~KRAAAAAKKKK!!!!~

Wala pa rin syang text!!

Isa-isa kong binasa ang mga tinext ko sa knaya..

Sent Items:

~♥♥♥Taguro♥♥♥~
Babe, nasan ka?!
Bakit di mo ko
hinintay???
Badtrip ako!
5:01pm

~♥♥♥Taguro♥♥♥~
Baaaabbbbbeeee!!!!!
5:02pm

~♥♥♥Taguro♥♥♥~
Hindi ako aalis dito
sa Parking Lot!!!!!
Magpakita ka sakin!!!!
5:03pm

~♥♥♥Taguro♥♥♥~
Baaaaabbbeeeee!!!!
Magreply ka sakin!!!
Nababadtrip nako!
Totoo na talaga 'to!
5:15pm

~♥♥♥Taguro♥♥♥~
Hindi makaalis si Parrot dahil hindi ako umuuwi! Pero nag-eenjoy sila ni Lee at naiinggit ako! Pumunta ka dito ngayon at buuin mo ang nadudurog na puso ko!!! Kasalanan mo 'to!!!!!!!
5:18pm
~♥♥♥Taguro♥♥♥~
Pero mahal pa rin kita... d=((((((
5:20pm
~♥♥♥Taguro♥♥♥~
Bakit ba hindi ko magawang magalit sayo?? Kahit na sobrang pinag-aalala mo ko?? Saan ka ba kasi nagpunta?! Magreply ka naman sakin!
5:24pm
~♥♥♥Taguro♥♥♥~
Taguro!!!! Galit na ako! Nasan ka ba kasi!? Bakit hindi nagpaalam!? Saan ka na naman nagsuot!!!!! Galit ako! Totoo 'to!!!!!!!
5:28pm
~♥♥♥Taguro♥♥♥~
Salubong na yung kilay ko, Taguro!!!!! Nasan ka ba kasi!? Nakakainis!!!!
5:30pm
~♥♥♥Taguro♥♥♥~
Uuwi na kami! Tsk!

Marami pa kaming
gagawin ni Lee sa Drafting!
Imbes na turuan mo ko kung
san san ka pa nagsususuot!
Siguraduhin mo lang na
maghahanda ka ng magandang
paliwanag sakin! Yung
paliwanag na katanggap-
tanggap sa tenga ko dahil
kung hindi lagot ka talaga
sakin!
5:30pm
~♥♥♥Taguro♥♥♥~
Baaaaaaaaaabbbbeee!!!!
Nasa bahay na ako at hindi ko
magawang pumasok dahil
naiisip kita! Nasan ka ba kasi?!
5:40pm
~♥♥♥Taguro♥♥♥~
Wala ka pa ring reply?!
Gano ka ba kabusy?!
Tinatawagan kita at hindi
ka naman sumasagot?!
Nasan ka ba talaga?!
Nababadtrip na ko!
6:00pm
~♥♥♥Taguro♥♥♥~
Hindi ako makakain!!!!
7:00pm
~♥♥♥Taguro♥♥♥~
Babe, ano ba??
Seryoso na 'to..
Nasan ka ba talaga??
Nag-aalala nako..
8:18pm
dTT__TTb

Mahigit limampung beses ko na rin syang tinawagan pero hindi rin nya sinasagot! Pesteng buhay 'to!

Hindi ko maintindihan kung bakit bigla na lang syang umalis kanina!

Si Parrot ay hindi ko makausap ng maayos dahil ang syota nyang kapatid ni Superman ay todo awat sakin twing sisigawan ko sya!

Badtrip!

"Tsk.. san ba kasi nagsuot yung buset na Taguro'ng yun?! Hindi nya ba alam na may boyfriend syang gwapo't nag-aalala!? Badtrip!"

d>>_<<b

~KNOCK! KNOCK!~

Inis akong napatingin sa pinto nung may kumatok..

Dahan dahang bumukas yun at pumasok si Noona!

"Hi dongsaeng.."

"What?!" inis na tanong ko sa kanya at nagulat sya!

"Psh! Kapapasok ko lang---bakit galit ka na?!"

"Wala ako sa mood kaya bilisan mo---lumabas ka na!"

"Nag-away kayo ni Maxpein noh!?"

"L-Labas!" sigaw ko sa kanya!

"Hahahahahahaha ang cute cute mo talagang magalit.." natatawa pang sabi nya at nginusuan ko naman sya kaya lumapit sya sakin. **"At dahil cute ka.. pakicompute mo naman 'to for me pleas------"**

"Labas!"

"A-Ano ka ba! Please help me with one!? Huhuhuhuhu hindi masolve ng magandang Noona mo ang problem na 'to.. Look oh.. It's sooo hard.."

"Tsk! Akina!" sigaw ko at pahablot na kinuha ang notebook at calculator sa kanya! **"Tch! Ang dali dali nito hindi mo masagutan!? Ano pa't nagdoktor ka!?"**

"H-Hoy! Wag mo kong pagsalitaan ng ganyan ah! Dyan ka na nga lang magaling e! Sa Math at pagdodrawing! Psh! Baka akala mo hindi ko alam yung nangyari sa school nyo!? Nakaduty ako pero nakakarating pa rin sakin ang mga balita ano! Pagagalitan sana kita ngayon pero inunahan mo ko nyang galit mo!"

Napapahiyang nagtuloy na lang ako sa pagkocompute habang nakanguso!

"Pero hindi na kita pagagalitan dahil paniguradong pagagalitan ka rin naman nila Lolo.. sila nang bahala sayo.. Ang balita ko ay ieexpell

na bukas ang Choco Funtales na yon.. Wag ka ng sasali sa gulo ah?! At wag ka na ring sumali sa gulo! Por pabor! Magtino ka na! Gawin mong inspirasyon si Maxpein!"

Gulat akong napatingin sa kanya!

"W-What!?" gulat pang tanong nya nung mapansing nakatitig ako sa kanya!

"Bakit mo sinasabi yan?! E hindi ba't ayaw mo sa kanya!?"

"Psh! Di ba pinakiusapan kitang madaliin syang pasagutin sya?! Why ask!? Engot.."

"Tch! Hindi nya ako sinagot ng dahil sayo o kahit na kanino! S-Sinagot nya ako ng dahil sakin! Sakin lang at wala ng iba!"

"Edi mas maganda?! Hahahahahah.. Anong inirereklamo mo pa?!"

"Tch.."

"Magsagot ka na lang kasi.." pang-aasar nya pa at saka tiningnan ang mga gawa ko. **"Anggaling mo talagang magdrawing.."**

"Pangit yan lahat sa paningin ko.."

"Hahahahaha.. pero para sakin napakaganda na nito.."

"Tch! Dahil wala kang alam sa pagdodrawing!"

"Oo na at ikaw na ang meron! Ano bang nangyayari sayo't ang init ng ulo mo?! Siguro nag-away kayo ni Maxpein noh?! Tell me.. nag-away kayo noh?!"

Hindi ko sya sinagot!

"Bakit naman kayo nag-away?? Hmmmm.. nagselos ka??"

"H-Hindi ah!" sagot ko!

"Oh e bakit nga?!"

"T-Tsk.. h-hindi kasi sya nagpakita sakin kanina.. S-Sabay kami laging umuuwi pero.. k-kanina hindi.."

"Oh?! Bakit daw?!"

"Y-Yun na nga e! Hindi ko alam kung bakit!" napapailing na sagot ko at saka ibinato sa table ang notebook nya.

"Omo! Tapos na?!" tuwang tuwang tanong nya at saka niyakap ang notebook nya! **"I love you, dongsaeng!!"**

"Labas!"

"Hahahahahahahaha! Don't worry.. Knowing Maxpein.. hindi sya kumikilos ng walang dahila---"

"Alam ko kaya lumabas ka na!"

"If you're worried then call her---"

"Hindi nga sinasagot!"

"Just continue calling her hanggang sagotin nya! Are you really that stuuuupid!?"

Napatingin ako sa kanya at inambaan nya lang ako at saka kekembot kembot na umalis!

Peste naman oh! Nawawala ang inspirasyon ko dahil nawawala ka rin! Nasan ka na ba kasi!

Inis na namang kinuha ko ang cellphone ko at dinial ang number nya..

Pero nakailang tawag ako at..

~TOOT! TOOT! TOOT!~

HINDI NYA PA RIN SINASAGOT!

Grrr! Siguraduhin mo lang talagang may maganda kang paliwanag saking Taguro ka!!

Pero kahit na inis na inis na ako..

Lamang pa rin ang pag-aalala ko.. Tsk..

Kung anu-anong pumapasok sa isip ko..

Bakit hindi nya ako hinintay??

Saan sya pumunta??

Sinong kasama nya??

Bakit hindi sya nagpaalam?

Bakit hindi sya nagtetext o nagrereply?

Kumain na kaya sya?

Bakit hindi nya sinasagot ang mga tawag ko??!

Ramdam na ramdam ko ang panghihina at panlulumo sa loob loob ko..

Nababadtrip ako sa kanya pero hindi ko pa rin maiwasang mag-alala!

Muli akong nag-isip at saka nagtext sa kanya!

~♥♥♥Taguro♥♥♥~

Babe.. Please..
Promise, mawawala
lahat ng galit, inis at
badtrip ko sayo kung
magrereply ka sakin
at sasabihin mo kung
nakauwi ka na..
Please.. Kahit yan lang..
Hindi na ako magtatanong..
Sabihin mo lang saking

nakauwi ka na..
Matatahimik na ako..
Please.. I love you..
9:12pm.

Napapabuntong-hiningang ibinaba ko ang cellphone ko at isa-isang inayos ang mga gamit ko.. At saka ako pumasok sa banyo at nagsipilyo..

Sana magreply sya..

Kung anu-ano pa ring tanong sa isip ko pero paninindigan ko ang tinext ko sa kanya..

Kahit anong mangyari ay paninindigan ko ang text ko sa kanya..

Sabihin mo lang saking nakauwi ka na.. magiging okay na ako.. Hindi na ako magagalit o mababadtrip sayo.. Masiguro ko lang na nakauwi ka na..

Bagsak ang mga balikat na lumabas ako ng banyo..

Pakiramdam ko ay nanghihina ang buong katawan ko at ang lalambot ng mga buto ko..

Kabadingan pero.. nasasaktan talaga ako..

"Namimiss na talaga kita, Taguro.. Wag mo naman akong ganituhin.." mahinang bulong ko pa sa sarili ko habang nakatingin sa salamin.

~BRIZK! BRIZK!~

"Ang nag-iisang patakaran ng hambog na Taguro ay maski isang beses ay *'hindi pwedeng masaktan ang kanyang Sensui'*.. sa kahit anong paraan at sa kahit saang paraan.. HIN..DI.. PWE..DE.."

~BRIZK! BRIZK!~

"Ang nag-iisang patakaran ng hambog na Taguro ay maski isang beses ay *'hindi pwedeng masaktan ang kanyang Sensui'*.. sa kahit anong paraan at sa kahit saang paraan.. HIN..DI.. PWE..DE.."

~BRIZK! BRIZK!~

Mabilis akong napalingon sa cellphone ko nung biglang MAGRING yon!!!!

"T-Tuma--tumawag si Taguro!!!!" naisigaw ko at saka nagmadaling lumapit sa sofa ko at padaklot na kinuha ang cellphone ko!

Nagliwanag ang mukha ko nung makita kong si Taguro nga ang tumatawag!!!!

Mabilis kong pinindot yun at inilagay sa tenga ko!!!!

"Alam mo bang kanina pa ako hintay ng hintay sayo! San ka ba nanggaling?! Bakit hindi ka nagpaalam!? Bakit hindi ka nagsabing

mauuna ka ng umalis?! Bakit hindi mo ako tinext?! Hindi ka rin nagreply! Basta ka na lang umaalis ng walang paalam---alam mo namang may mag-aalala sayo! Pati mga tawag ko hindi mo sinasagot! Ano bang akala mo sakin!? Bato?! Hoy, Taguro! Alalang-alala ako sayo alam mo ba yon!? San ka ba nagsususuot! Magpaliwanag ka sakin ngayon!" derederetsong sigaw ko sa kanya!

♫ ♪**"You tell me you're in love with me.."** ♪ ♫

Napahinto ako sa biglang pagkanta nya!

♫ ♪**"That you can take your pretty eyes away from me.. It's not that I don't want to stay.."** ♪ ♫

"T-Taguro.." mahinang usal ko.

♫ ♪ **"But everytime you come too close I move away.. I w-wanna believe in everything that you say.. Because it sounds sooo good.. But if you really want me.. move slow.. There's things about me, you just have to *'know'*.."** ♪ ♫

NAPANGITI AKO NG MATINDI!

Hindi ko na naman mapigilan ang sarili kong mapangiti at bahagyang matawa dahil sa ginawa nya!

"B-Badtrip ka naman e.." natatawa pang sabi ko. **"M-Matutuwa na sana ako.. kaso boses lalaki ka! Pakiramdam ko si Michael Jackson yun nakanta.."**

"Tss.. nagustohan mo naman..??"

"Badtrip ka!"

"Oh bakit??" natatawa pang tanong nya.

"S-Sana sinabi mong kakanta ka! Nirecord ko sana!"

"Tss.. bading ka talaga.. Babae lang ang gumagawa non.."

"Wala akong pakialam---in love ako sayo! Hahahaaha!"

"Bumaba ka dito.."

Natigilan ako sa sinabi nya at bumilis ang tibok ng puso ko!

TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!

"H-Ha??" gulat na tanong ko pa.

"Bumaba ka dito--bilisan mo.. Gusto kitang makita.."

MAS BUMILIS ANG TIBOK NG PUSO KO!

"Nandito ako sa harap ng bahay nyo.."

Napasinghap ako ng hangin at napatingin sa bintana'ng tatlong dipa ang layo sakin!

At saka ako nagmadaling bumaba!!!!

Waaaaaaaaaaaaaaa!!

"Hahahhahaha!!!!" malakas na tawa ko pa nung gulat na makita ako nila Mommy na nagmamadaling bumaba ng hagdan! **"Sapakin ako ngayoooonnn naaaa!!! Hahha!!!"**

"O-Oh baby.. O-Omo! A-Anong nangyari??" nag-aalalang tanong sakin ni Mom!

"Nandyan si Taguro heheheheheheheh!!! Gusto daw nya akong makita! Gusto daw nya akong makita! Gusto daw nya akong makita!"

"Omo! Hahahahaha!!!! Go baby! Go!!!"

"I love you, Mom!!!" sigaw ko pa sa kanya!

At saka ko lang inayos ang sarili ko nung makalabas na ako ng gate..

Nagpanggap akong galit at saka lumapit sa kanya.

"A-Anong oras na bakit nandito ka pa?" galit kunwaring tanong ko at salubong ang kilay namang tinignan nya ako kaya naman iniwas ko ang paningin ko. **"San ka nanggaling??"**

"May kinausap lang.." malumanay na sagot nya at inis naman akong nilingon sya!

Tinignan ko sya mula ulo hanggang paa!

Parang latang lata sya at pagod na pagod! Bakas sa mukha nya ang pagod!

"Tch! Ang sabi sakin ni Parrot ay nagpunta ka sa church! Sinong kinausap mo don!?" inis na tanong ko at kitang kita ko naman ang pagkagulat sa mukha nya!

"A-Ahh.. A-Ahh.. h-hahha! M-Mmm.. nagpunta akong church.."

"Church!? Sinong kakausapin mo sa church!"

"S-Si G-God.."

Oo nga naman, Deib.. Wag kang tanga.. Tsk!

Nginusuan ko sya at saka tumingin sa malayo..

"S-Sana man lang isinama mo ko---"

"Halika nga dito.."

Hindi ko natapos ang sasabihin ko dahil hinila nya ang kamay ko at..

YUMAKAP SYA SAKIN!

TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!

"T-Taguro.."

"Sabi mo sakin.. hindi ka na magagalit.." mahinang sabi nya pa habang nakasandal ang ulo sa dibdib ko.

Ang kasalukuyang itsura namin ay nakaharap sa isa't isa.. Hindi sing lapit ng dalawang maganda't gwapong nagyakap pero sapat na lapit na yun para mayakap nya ako.. Maluwag ang pagkakayakap nya at ang tuktok ng ulo nya ang nakasandal sa ulo ko habang ang mukha nya ay sa lupa nakaharap..

Naimagine mo??

Ah bahala ka!

"B-Bakit kasi hindi nagpaalam??" malumanay na tanong ko. **"Nag-alala ako sayo alam mo ba yon? Tch.. Akala ko tuloy wala kang pakialam sakin.."**

"Tss.. Pwede ba naman yun..?"

"N-Nagawa mo nga e! Tch! Pwede mo namang sabihin saking.. *'Deib, aalis muna ako, ang gwapo mo'*.. ganyan!" biro ko at iniangat nya naman ang paningin nya!

"Tss! Hanep.."

"Hehehehehehe.." tawa ko sa mismong mukha nya. **"Namiss kita.."** nakangiting sabi ko pa.

At iginewang nya naman ang ulo nya na animong lasing at saka nakangiting tinignan ako..

"Namiss rin kita.." mahinang sagot nya!

Ramdam ko ang pagpapalit ng ngiti sa gulat ng mukha ko!

Hindi ako makapaniwala sa narinig ko!

Unti-unting napanganga ako habang nangingiti!

"T-Totoo??" hindi makapaniwalang tanong ko at nakangiting tumango naman sya! **"Hahahaha!!!"** tumatawang niyakap ko sya. **"Wala na.. burado na lahat ng galit ko sa lahat ng tao haha!!! Namiss mo rin pala ako e.. Tsk.. Badtrip naman oh.. mapupunit na yung mukha ko kangingiti nito.."**

"Tss.. simpleng bagay kilig na kilig.."

"S-Syempre naman!"

Inis akong inalayo sya sa katawan ko!

"A-Alam mo bang minsan ay gusto kong tanongin yan pero hindi ko magawa dahil n-natatakot akong sabihin mong hindi!" sigaw ko pa sa kanya.

"Ayos lang yun.. at least ngayon, narinig mo ng kusa.. Namiss kita.." malambing na sabi nya pa at saka KUSANG YUMAKAP SAKIN.. **"Wag ka ng magagalit sakin ah??"** mahinang tanong nya pa at ngiting ngiting tumango naman ako na naramdaman naman nya sa balikat nya. **"Dahil**

kahit ga'no kalayo ang puntahan ko.. babalik at babalik ako para magpaliwanag sa'yo.."

Badtrip! Hahahahahahaa!!! Tsk!!!

Ilang beses na pinisil pisil ng mga katagang yun ang puso ko!

Humiwalay ako sa pagkakayakap nya at nakangiting tumingin sa mga mata nya..

"Alam mo bang pakiramdam ko ngayon ay nahati sa apat yung puso ko at sunod sunod na tumatalon sa loob ng dibdib ko??" nakangiting sabi ko sa kanya habang tinitignan sya sa mga mata.

"Tss.. para kang bata.." nakangiting sabi nya pa.

"Hindi mo alam kung gano mo ko napasaya ngayon.. Parang gusto ko ng mag-alala maya't maya.. kung ganito ka pala magpaliwanag hehehehehehehehe.."

"Tss.. parang ikaw ang nililigawan ko.." natatawang sabi nya pa.

"H-Hoy! W-Wala akong sinabing ganyan ah??"

"Kaya nga parang e.. Tsk tsk.."

"Hehehehehehehe.. Ang cute mo Taguro.."

"Mas cute ka.."

"Gwapo ako.."

"Cute pa rin.."

"Gwapo nga!"

"Cute pa rin nga.."

"Tch! Iba ang cute sa gwapo! Gwapo ako at cute ka!"

"Edi bagay tayo.."

Muli ko syang niyakap at sa pagkakataong ito.. MAHIGPIT NA MAHIGPIT NA MAHIGPIT NA MAHIGPIT!

Yung tipong hindi sya makakahinga!

Hahaha!!!

OceanofPDF.com

A U T H O R ' S N O T E

Hello, JIJIES!

You can now watch **HE'S INTO HER SERIES WORLDWIDE** for **FREE** on **iWANTTFC app**, starring **Belle Mariano** as Maxpein del Valle and **Donny Pangilinan** as Deib Lohr Enrile.

You may follow me on the following social media platforms:

Website: **www.maxinejiji.com**

Facebook: **www.facebook.com/maxinejijistories**

Facebook: **www.facebook.com/hesintoher**

Twitter: **www.twitter.com/maxinejiji**

Instagram: **www.instagram.com/maxinejiji**

Lyka: **maxinejiji**

Tiktok: **maxinelat**

Youtube: **www.youtube.com/maxinejiji**

You may also read my other stories for free here: **www.wattpad.com/maxinelat**

Thank you and stay safe!

- MAXINEJIJI <3

DISCLAIMER : This is a work of fiction. Names, characters, businesses, places, events and incidents are either the products of the author's imagination or used in a fictitious manner. Any resemblance to actual persons, living or dead, or actual events is purely coincidental.

© HESINTOHER.All Rights Reserved. Maxinejiji. 2013.

OceanofPDF.com

CHAPTER 130

MAX'S POV

~FLASHBACK~

Uuwi na sana ako pero nung biglang magtraffic sa daan pauwi samin ay nagvibrate ang cellphone ko..

Kaya naman tumingin muna ako sa harapan bago ko kinuha ang cellphone ko..

Napakarami namang text at tawag nito?!

Hindi ko na binasa isa isa at yung huli na lang ang binuksan ko..

One Message Received

~Sensui~
Babe.. Please..
Promise, mawawala
lahat ng galit, inis at
badtrip ko sayo kung
magrereply ka sakin
at sasabihin mo kung
nakauwi ka na..
Please.. Kahit yan lang..
Hindi na ako magtatanong..
Sabihin mo lang saking
nakauwi ka na..
Matatahimik na ako..
Please.. I love you..
9:12pm.

Napailing ako at saka ko ibinulsa ang cellphone ko at saka nagtuloy sa pagmamaneho..

At natagpuan ko na lang ang sarili kong nasa harap ng bahay nila Sensui..

What the heck, Maxpein?? What the heck??

~END OF FLASHBACK~

"Talaga?? Sa tingin mo bagay tayo??" tanong nya pa habang iniipit ako sa bisig nya.

"B-Bagay tayo k-kung b-bibitiwan mo ko---hindi ako makahinga, ano ba!" sigaw ko sa kanya at saka nakangusong tumingin sya mukha ko nung biglang bitiwan nya ako sa pagkakayakap!

Habol habol ang hiningang tinignan ko sya ng masama at saka ako napapikit.

"B-Bakit ba an h-higpit higpit parati ng yakap mo pag g-ganyang kinikilig ka?? G-Grabe ka.." utal utal na sabi ko pa. **"Tsk.. parang nanakit ang sintido ko sayo.."**

"E ang s-sarap mong yakapin kasi.. n-nakakagigil hehehehe.." ngingisi ngising sabi nya pa at saka ngumuso.

"Tss.. ewan sayo.." sabi ko pa habang pinipisil ang balikat ko.

"Alam mo.. kahit na sinong lalaki ay ganito ang gagawin sayo kapag ganyan kasasarap sa pandinig ang mga sinasabi mo.. Hindi mo alam kung anong ginagawa mo sakin, Taguro.. At ito lang yung paraan ko para mailabas kung ano man 'tong nararamdaman ko hahaahaha!" tuwang tuwang sabi nya pa at napakamot naman ako ng ulo.

"O sya sya.. tama na muna yan at baka maubos ang pampakilig ko.. Hehehehehe.. Uuwi na ako.. matulog ka na.."

"O sige.. hindi na ko mangungulit kasi masaya na ako sa ginawa mo sakin ngayong gabi hahahahaha.. Kahit tumagal ata ng isang buwan ang gabing 'to solb na solb ako dahil sa ginawa mo.."

Grabe naman kiligin 'to.. Tsk..

Umiling na lang ako at tumingin sa kabuuan ng mukha nya.

"Hindi ka ba pinagalitan dyan sa sugat mo?" tanong ko na itinuro pa ang gasa sa noo nya.

"Tinanong ako pero.. hindi naman ako pinagalitan.. Hehehehe.. Nalaman na rin naman nila yung nangyari dahil sinabi ni Lolo.. Buti na nga lang at hindi sinabi ni Lolo y-yung g-ginawa mo kay Choco.."

Hindi ako nakasagot sa kanya.

Munit gulat akong napatingin sa kanya nung biglang kunin nya ang kanang kamay ko at pagmasdan ang mga buto niyon!

"Ang lakas mo'ng manuntok.. babae ka ba talaga??" natatawa munit seryosong tanong nya, kaya naman napilitan akong ngumiti. **"Hanggang ngayon, namumula pa rin 'tong kamay mo, sa sobrang lakas ng pagkakasapak mo.."**

"A-Ahh.. mamula mula lang t-talaga ang kutis ko.." pagpapalusot ko at nakanguso naman syang tumingin sakin na parang hindi naniniwala.

"Assuming ka rin pala e.." nakangiwing sabi nya sabay bitiw sa kamay ko. **"Assuming na maganda hahahaha!"**

"Tss.."

"Teka muna.. kumain ka na ba??" biglang tanong nya.

"Oo naman.."

"Mmm.. gabi na kasi e, baka hindi ka pa kumakain hehehehehe.. Deretso uwi sa bahay ah?? Sa susunod sa bahay na natin ikaw uuwi.. Bahay natin."

"Sige.. mangarap ka lang.." pangbubuset ko sa kanya.

"Oo, at tutuparin mo naman hahaha.."

"Asa.." singhal ko pa at saka bahagyang sinuntok ang dibdib nya. **"Ayos lang makaramdam ka ng ganyan basta *'ako'* ang dahilan.."** nakangising sabi ko at ayun na naman ang di mapigilang mga ngiti nya.

"Wag kang magsasalita ng ganyan sa harap ng ibang lalaki ah??!!" banta nya pa at napangiti naman ako.

"Uuwi nako.. inaantok na rin ako e.. Magkita na lang tayo bukas.." nakangiting sabi ko pa at tumango sya.

"I-Isang yakap na lang talaga.." sabi nya sakin at saka lumapit at niyakap ako. **"Hmmmmm!!!! Grabe.. baka bangungutin ako nito hahahahaha! Busog na busog ako sa mga pampakilig mo.."**

"Tsk.. wag ka ngang ganyan ng ganyan.. Para kang..."

"A-Ano!? Sabihin mo sakin?! Ano?!"

"Babae.." sabi ko pa at saka natawa sa kanya.

Tinapik ko ang balikat nya at saka ako sumakay sa motor ko.

"Bukas.. susunduin kita dito----"

"T-Talaga?!"

"Mmm.. para ako ang unang makita mo bago yung ibang tao.. Tss.." nakangising sagot ko at saka in-start ang motor ko. **"Bukas na lang.."**

~BEEP!~

At nakangising umalis ako..

Ngayon alam ko na ang nararamdaman mo.. Pinipigilan ko rin ang sarili ko.. Kaso may sariling desisyon ang puso ko..

Pagdating ko sa bahay ay agad akong sinalubong ni Naih..

"Oh?! Ano?! Patingin nga! Patingin!" sigaw nya sakin at saka ininspeksyon ang kabuuan ng katawan ko.

"Clear! Paa!" sigaw nya pa at inistretch ko ang kaliwang paa ko at tinignan nya. **"Yung isa pa!"** at inistretch ko ang kanan. **"Kamay!"**

"Ayos lang ako.." sabi ko pero inilapat pa rin sa kanya ang dalawang kamay ko.

"Ayos lang!? Tignan mo 'tong kamay mo! Isang sapak na lang mamamaga na!"

"Hindi naman namaga di ba?"

"Anong hindi!? Ayan oh! Leche ka!"

Taas-kilay na tinignan nya ang kabuuan ko..

"Hubad.."

"N-Naih.." gulat na usal ko pa.

"Hubad!!!!!" sigaw nya at napailing naman ako!

Hinubad ko ang coat ng uniform ko..

"Hubad pa!"

"A-Anak ka nang k-kagang.." bulong ko pa.

"Hubad!!!"

"W-Wala nga akong galos! Ni hindi nga ako nasapak maski isang beses.." inis na sabi ko.

"Maski isa?!"

"Maski isa!"

"Ang yabang mo talaga!"

"Nagpapakatotoo lang!"

"Psh! Imposible yon! Sa dami nila?!"

"Dumating si R-Randall.."

"H-Ha??" gulat na tanong nya pa.

"D-Dumating si Randall.." pag-uulit ko pa.

"B-Bakit!?"

"A-Anong bakit ba!?" inis na tanong ko pa. **"Dumating sya para tulungan ako---ano pa ba?! Tss.."**

"B-Bakit si Randall pa?!"

"Sino bang pwedeng tumulong sakin bukod sa kanya??"

"Ahh ganon!?."

"Buti na nga lang at dumating sya.." nakangiting sabi ko pa. **"Malaking tulong na sakin yun dahil sa dami nila.. h-hindi ko kakayaning mag-isa.."**

"Siraulo ka ba?!" sigaw nya pa! **"Ayan na nga ba ang sinasabi ko e! Pano kung hindi dumating si Randall don at natsambahan ka!? Ha?! Siraulo ka kasi! Bakit ka sumugod don mag-isa!"**

"Tapos na di ba?? Nakauwi na nga ako e.. wag ka ng OA dyan.."

"E-Eh pano si Sensui?!"

"A-Anong pano sya??" takang tanong ko.

"P-Pano kung malaman nyang nagkasama kayo??"

"Oh e ano naman kung nagkasama kami??"

"Psh! Ang engot mo talaga! Alam mo yung selos?! Ha!? Alam mo yun?! Gusto mo ipaliwanag ko!? Yun yung tipong mahal na mahal mo si Deib tapos biglang aagawin ni Kim at magpapakasal sila tapos ikaw maiiwan mag-isa---wala kang boyfriend wala ka pang friends dahil hambog ka na manhid ka pa! Yan! Yan yun! Ano!?"

Napabuntong-hininga ako at nakangiwing iniwas ang paningin ko sa kanya.

"Alam mo yung OA??" sarkastikong tanong ko at saka tumingin sa kanya at nginusuan nya naman ako habang bumubulong pa. **"Yun yung simpleng tanong ko lang sandamakmak na kuda na ang ginawa mo.. Pinakamagandang eksampol? Ikaw.."** pang-aasar ko pa sa kanya!

"Stop me!" sigaw nya pa habang nakaduro sakin. **"Hindi ako OA! Fine.. OA na kung OA.. pero kapag si Deib nagsawa dyan sa eksena mo'ng habul habulan kay Randall ewan ko la---"**

"Hindi ko naman sya hinahabol? Okay??"

"Oh e bakit kayo nagkasama!?"

"Kasi nga tinulungan nya ako!? Ano ba?! Porke ba ex ko yun e hindi nako pwedeng tulungan!?" salubong ang kilay na tanong ko pa. **"Kusa syang pumunta don ng hindi ko nalalaman.."** inis munit nagpapakalma'ng dagdag ko pa. **"Hindi ko kasalanan kung sumunod sya sakin don.. hindi ko rin sya pwedeng utusan na tumigil na ng kasusunod sakin---pano kung talagang nag-aalala lang yung tao sakin bilang kakilala nya!? Tss.. Nagkasama lang.. kung anu-ano na kasing iniisip mo.."**

"Hindi kasi lahat ng tao ay tulad mong mag-isip, Maxpein!"

"Hindi ko na rin problema yun.. Isipin nyo kung anong gustong nyong isipin dahil wala naman kaming ginawa ni Randall na nakakaselos.."

"Para sayo wala.. pero sa tao'ng hindi kayang makitang magkasama kayo.. ke sehodang simpleng lingunan lang yan---nakakaselos yan! Suuuuusss!!! Sa lahat ng babae---ikaw ang pinakatanga!"

Bahala ka nga sa buhay mo..

"Kumain na ba kayo??" pag-iiba ko ng usapan.

"Oo.. kumain ka ba?!"

"Hindi pa pero hindi ako gutom.."

"May pagkain pa dyan.. hahandaan kita.." sabi nya at saka pinaupo ako sa mesa at maya maya lang ay naglabas na sya ng pagkain. Gulat akong napatingin sa mga yun.

"S-San galing 'to??" tanong ko pa habang nakaturo sa lechon.

"Si Ate.. Psh.."

"Hindi ako kumakain ng lechon, Naih.." seryosong sabi ko pa sa kanya.

"H-Hala! O-Oo nga pala! Oo nga pala! Sorry.. sorry.. Teka, may fried chicken pa dyan alam ko e, teka kukunin ko---"

"Hindi ako gutom.. Hayaan mo na.." pilit ang ngiting sabi ko pa at saka kumuha ng sigarilyo. **"Pagod na pagod na ako at hindi ko na kakayaning tunawin pa ang pagkaing kakainin ko kapag kumain pa ako.."**

"Sigurado ka ha??"

"Mmm.."

"Sensya na.. nawala sa isip kon hindi ka nga pala kumakain ng lechon dahil nahihilo ka sa matatabang pagkain.. Hehehehe.. Mmm kape gusto mo??"

"Mmm.." tango ko at bumalik sya sa kusina at pagbalik ay nya ay naninigarilyo na ako.

"Kwentuhan mo ko.. anong nangyari??" usisa nya at napabuntong-hininga naman agad ako.

"Si Gonza.. s-sumali sa kanila.." mahinang usal ko.

"A-Ano!?"

"Si Gonza.. sumali sa kanila---"

"Bakit?!"

"Tss.. malay ko.. Ako ba sya?" bulong ko pa at tinaasan nya naman ako ng kilay. **"Nagulat rin ako nung makita ko sya don kanina.. Mukha syang tanga.."**

"Bakit naman kaya sumali yun don?!" tanong nya habang nakatingin pa sa tagiliran nya. **"Hindi nya ba alam kung anong klase'ng tao yung mga sinamahan nya!? Jusko! Sabagay.. kung tulad mo naman kasi ang makakabangga ng isang Kev Gonza ay kailangan nya talaga sila Mallyu hahahaha hindi ka nya kakayanin.."**

"Hindi ko naman sya ginalaw.."

"Ha?! Bakit?!"

"Anak-anakan sya ni Heurt... hindi ko sya kayang saktan.."

"O-Oo nga pala, ano?? A-Alam nya na ba??"

"Alin?"

"Yung sa inyo ni Heurt---"

"Hindi.. Sa tingin ko ay hindi nya alam ang dahilan kung anong nangyari sa pagitan ng mga Moon at ni Heurt.. kaya paniguradong hindi nya alam na ako ang anak ni Heurt.. Maaaring kaya ganon na lang ang galit nya sa mga Moon ay dahil wala syang alam.."

"E ikaw? May alam ka ba??" nakangiwing tanong nya.

"Hindi man ganon karami ang alam ko.. hindi naman sing konti ng kanya.. Tss.."

"Whatever.. Oh e anong plano mo?"

"San??"

"Dyan?! Doon! Dito! Sa lahat! Sumugod kang mag-isa don at hindi ka nasaktan! Anong nangyari!? Ano ng susunod?! Matatapos na ba lahat!?"

"Hindi ko rin alam.. Hindi ko masabing wala ng kasunod.. pero sa tingin ko ay huhupa naman kahit papano.." nakatingin sa table na sabi ko pa at saka muling tumingin sa kanya. **"N-Naubos ko ang mga bata nila.. nasaktan namin ni Randall ang lahat ng bataan nila.. K-Kaya hindi ko alam.. Pero sana matapos na.."** sabi ko at bumuntong-hininga sya.

"Sumugod sugod ka ron mag-isa tapos hindi mo rin pala mapipigilan.. pano kung napahamak ka don?! Tsk! Alam mo ba kung ganong nag-alala sayo si Deib kanina?!"

"Oo at ang sinabi mo sa church ako pumunta! Sa dami ng pwede mong idahilan bakit church pa! Nagsinungaling na nga ako, pangalan pa ng Diyos ang ginamit ko! Badtrip ka!" inis na sumbat ko sa kanya.

"Psh! E-Eh anong sasabihin ko?! Konting konti na lang ay dadaragin nako nung syota mo!"

"Tss.. kahit kelan hindi ka marunong magdahilan.. Peste.." singhal ko pa sa kanya.

"E bakit naman kasi hindi ka na lang nagsabi sa kanya ng totoo!?"

"Tingin mo papayagan ako nun?! Tss.."

"Why not?!"

"A-Anong why not??"

"Edi kung hindi pumayag---isama mo!"

"Loko.. ni hindi nga ako masapak nun e.. Yun pa kayang sila Mallyu.."

"Malamang! Mukhang deads na deads nga sayo yung tao sa sobrang ganda mo e!!" nakakainsultong tono pang sigaw nya sakin! **"Sabagay.. May point ka.. pero hindi ba kamo't nasapak nya naman si Choco?"**

"Oo nga.. dahil sa galit nya.. E kung tulad kanina, tss.. Hindi nya magagawa yun.." sabi ko at saka inubos ang kape ko. **"Bukas.. susunduin ko sya sa kanila.."**

"Ha?! Bakit?!"

"Gusto ko lang.."

"Weeeeehhh hehehehehehehe.. Bakit nga!?" panunukso nya pa.

"Gusto kong sya ang magdrive ng motor ko papasok.." nakangising sagot ko at saka tumayo. **"Matutulog na ako.. pagod na ko.. Andami kong sinapak.. ang sakit ng kamay ko.."**

"Masyado ka kasing bida! Bidang bida ka! Walang sinabi ang mga action stars sayo talaga grabe! Tsk tsk.. Ikaw na ang direktor ikaw pa ang bida!"

"Sige na.. matulog na ka na rin.. Masyado kang maingay.."

"Geh.."

"Goodnight.." sabi ko at saka umakyat sa kwarto ko at naligo. Matapos nun ay natulog.

♥ K ♥ I ♥ N ♥ A ♥ B ♥ U ♥ K ♥ A ♥ S ♥ A ♥ N ♥

Ramdam ko ang pagod sa katawan ko pagbangon ko..

Tsk..

Tumingin ako sa relos at maaga pa pero dahil alam kong maagang gumising si Sensui ay kumilos na rin ako at naligo.

Matapos kong maghanda ay kinuha ko ang cellphone ko at tinawagan si Sensui.

"Oh?" parang bagong gising pang sagot nya.

"Good morning.." bati ko pa sa kanya.

"B-Babe?!" gulat pang tanong nya. **"B-Babe! Hahahahahhahaha! Good morning, babe!"**

"Papunta na ako dyan.."

"A-Ang aga naman!?"

"Para ako ang una mong makita.." nakangiting sabi ko pa.

"Hahahahahaha sige sige.. kikilos na ako.. Kailangan pagbaba ko nandito ka na ah?!"

"Mmm.."

"Dito ka na magbreakfast hehehehehe.."

"Sige---"

"I love you.."

~TOOT! TOOT! TOOT!~

Napatingin ako sa cellphone ko nung ibaba nya ang line..

Tss..

Pagkababa ko ay nagulat pa sakin si Naih at Yaz.

"Oh?! Ang aga mo naman yata ngayon?!" si Yaz.

"Susunduin nya ang Sensui ng buhay nya.." mapanuksong sabi pa ni Naih na hindi pa nakakaligo.

"Mauna na ako sa inyo.."

"Oh?! Hindi ka ba muna magbebreakfast!?" si Yaz.

"Don na ako sa kanila kakain.."

"Hahahahaha sige sige.. ingat ka! Enjoy!!!"

Lumabas ako at sumakay sa motor ko..

Munit nung i-start ko yun ay nagvibrate ang cellphone ko.

~BRIZK! BRIZK!~

-Chairman Moon Calling. . . ~

Kinuha ko yun at saka sinagot..

"Yoboseyo?" sagot ko.

Translation: Hello?

"Dangsineun eodiesseo?" si Chairman. Napabuntong-hininga ako bago muling magsalita.

**Translation: Where are you?*

"I'm going to Deib's house.. Waeyo?" tanong ko.

Translation: Why?

"I'll meet you at the Dean's Office before your class starts.. We need to talk.." pormal na sagot nya. Bakas ang pagiging seryoso sa tono ng boses nya kaya naman kinabahan ako.

"Y-Ye.. Naega jal ihaehabnida Hwejang-nim.." sabi ko at saka ibinaba ang linya.

Translation: I understand well, Chairman..

Natigilan pa ako at napaisip saglit at saka nagmaneho papunta sa bahay ng mga Enrile.

~DINGDONG DOOR BELL!~

Nagdoorbell agad ako pagdating doon..

Maya maya lang ay natanaw ko na si Manang sa labas ng pinto at saka nakangiting naglakad papunta sa gate.

"Good morning.." bati ko sa kanya bago pa man makalapit.

"Oh iha?? Ang aga mo yata??" nakangiting salubong nya pa at saka binuksan ang gate.

"Susunduin ko ho si Deib.."

"Ahh ganon ba?? Sya sya.. tuloy.. tuloy.." sabi nya at saka kami magkasunod na pumasok sa loob ng bahay.

"Omooooo!!! Our Maxi is here!!" nakangiting salubong sakin ni Mrs. Enrile habang nakahawak pa ang dalawang palad nya sa mga pisngi nya.

Nandoon rin si Dein at Mr. Enrile.

Tumango ako bilang pagbati sa kanila.

"Good morning ho.." mahinang usal ko pa.

"Tuloy ka.. Tuloy ka.." nakangiting alalay pa sakin ni Mrs. Enrile. **"Ayiiiieeee.. sabay ba kayo ni Deib na papasok??"**

"Mmm.. may usapan ho kaming susunduin ko sya.."

"Pft! Hahahahahahahahah! Ikaw pa talaga ang sumundo??" sarkastikong tanong sakin ni Dein. **"Have a seat.. join us.."** sabi nya pa na isinenyas ang agahan nila.

Naupo naman ako sa tabi nya at saka tumingin kay Mr. Enrile.

"Good morning ho.." bati ko pa at ngumiti sya.

"Good morning, iha.. Its nice to see you again.." bati sakin ni Mr. Enrile at saka bumaling kay Manang. **"Wala pa ba si Deib??"**

"Pababa na rin sya.." sagot ni Manang. **"Oh iha sige na at kumain ka na.."** nakangiting baling pa nito sakin at napatango naman ako sa kanila.

Nagsalin lang ako ng coffee sa tasa ko'ng nandon at uminom..

Ilang segundo lang rin ay bumaba na si Sensui..

Nilingon ko sya habang pababa ng hagdan..

At ayun na naman yung nagkikinangan sa puti nyang mga ipin sa sobrang lawak ng pagkakangiti nya habang nakatingin sakin..

'Nawawala sa katinuan ang isang 'to twing makikita ako.. Tsk tsk tsk..'

"Good morning!"

Gulat akong napalingon sa hagdan sa biglang sigaw ni Sensui'ng yun!

Nagtama ang paningin namin at unti-unting lumabas ang nagkikinangang mga ipin nya sa sobrang pagkakaingiti..

He's crazy.. tsk tsk..

"Good morning baby! Bilis bilis! Nandito na si Maxi... Yiiiieee.." si Mrs. Enrile.

"Good morning, Son.." si Mr. Enrile.

"Morning.." si Dein.

"Kumain ka na iho.. Hinihintay ka ni Maxi.." si Manang.

Hindi nya pinansin ang lahat at agad na lumapit sakin!

"Good morning.." usal nya... SA MISMONG MUKHA KO!!

"O-Oh.. G-Good morning.." utal pang sagot ko sabay tango.

"Heheheheh! Good morning ulet!" pag-uulit nya sa MISMONG MUKHA KO PA RIN!!!!

WTF is wrong with this person?!

"O-Oh.. M-Maupo ka na.." naiilang pang sagot ko. Napailing ako at iniwas ang paningin sa kanya dahil nangibabaw ang hiya sa pakiramdam ko.

Tsk.. Grabe..

Kinabahan ako ng matinde dahil lahat ng paningin nila ay nasa amin!

Naghalo sa pakiramdam ko ang hiya at kaba!

"Tsk tsk tsk! Mukhang marami akong makakain ah! Hahahahahaha!" masayang sabi nya pa at saka muling lumingon sakin!

"Oh.." naiusal nya habang nakatinin sa plate ko, at saka tumingin sakin. **"Bakit hindi ka kumakain??"**

"A-Ahh---"

"Hinihintay mo ko noh??" nanunukso pang tanong nya!

Napa-*'Huh?'* ako sa kanya ng walang boses at ngumiti na naman sya ng hard!

"Hehehehehe ang sweet sweet mo talaga hehehehe.. Sige lalagyan kita.. ubusin mo lahat 'to ah?! Eto.. Yan.. Yan pa.. Eto pa---"

"T-Tama na.. Tama na.." pigil ko sa kanya sa kalalagay ng pagkain.

"Hehehehehehe.. magpataba ka nalang kaya ulit, Max??" nakangiting tanong nya sakin at gulat na naman akong nilingon sya!

"B-Bakit??" mahinang tanong ko dahil ramdam kong lahat sila ay nakatingin samin!

"Para makasiguro akong wala ng ibang magkakagusto sayo.."

Hindi ako makapaniwalang sinasabi nya 'to sa harap nila!!

Napailing ako at naiiwas ko ang paningin ko sa kanya at nung magtama ang paningin namin ni Mrs. Enrile na parang tuwang tuwa sa nakikita't

naririnig nya at napilitan akong ngumiti!

"A-Ahh h-hahahaha.. O-Oh.." naisagot ko na lang. **"K-Kain na tayo.. B-Baka ma-late tayo.."**

"Hehehe! Sige.." nakangiti pa ring sabi nya at saka nagtuloy sa pagkain.

"Yiiiiiieeee!!! Ang sweet sweet nyoooo! You look soooo cute! I'm sooo envious!" kinikilig pang sabi ni Mrs. Enrile.

"Wala e.. hahahahaha!" mayabang na sagot pa ni Deib habang nakalapat ang dalawang palad.

"Pero wag naman na sanang makadagdag ng sugat kay Deib ang pagiging cute nila together.." sarkastikong sabat ni Dein kaya naman napailing ang lahat at kumain na lang.

Nagkwentuhan pa sila habang kumakain at ako naman ay hindi na masyadong nagsalita dahil sa dami ng dapat kong ubusing pagkain na nilagay ni Sensui sa plate ko.

Nung matapos kami at nagpaalam lang kami sa kanila at saka kami lumabas ng bahay nila.

"Sana pala ikaw na lang ang sinundo ko, Babe.. para kotse ko na lang ang gamitin natin.." nakangusong sabi nya pa at nilingon ko naman sya.

"Eto ang gagamitin natin.." sabi ko pa habang nakaturo sa motor ko at nagulat naman sya.

"H-Ha!? Hehehehehe.. iaangkas mo ko!?" tuwang tuwang tanong nya nangiti naman ako ng bahagya at saka kunwaring umiling sa kanya kaya naman napalitan ng pagtataka ang mga ngiti nya. **"Eh!? E ano!?"**

"Ako ang iaangkas mo.." nakangiting sabi ko at nanlaki naman agad ang mga mata nya.

"S-Seryoso ka ba!?" gulat na tanong nya pa at tumango naman ako. **"H-Hahahahahaha! S-Sige ba!"**

"Mmm.." sabi ko at saka pabatong ibinigay ang susi sa kanya na nasambot naman agad nya at saka nakangiting tinignan yun. **"Tara na.. kakausapin ako ni Lolo pagdating sa school.."**

"A-Ahh ganon ba?? S-Sige.." sabi nya pa at nagmadaling sumakay.

Nung maghelmet sya ay nilingon nya pa ako ng bahagya.

Tumingin naman ako sa kanya.

"Yakap ka sakin.." nakangiting utos nya. Nangiti naman ako at saka yumakap sa kanya..

~BRROOOOOOMM!!!!~

Hindi ko maiwasang hindi mapangiti dahil ramdam kong tuwang tuwa sya sa ginagawa namin ngayon..

Nakakapagtaka lang na naipaparamdam nya sakin ang saya'ng nararamdaman nya kahit na wala syang ginagawa at hindi ko nakikita ang mga mata nya.

"Sana ganito tayo araw-araw.." sabi nya pa.

"Tss.. ang swerte mo nun.." pang-aasar ko naman.

"Hahahaha.. bakit na naman!?"

"Ano? Ako pa susundo sayo? Baka isipin ng mga tao---bading ka talaga.."

"H-Hoy! Taguro! Tigil tigilan mo yang katatawag ng bading sakin! Alam mo ba ang dating nyan sa mga lalaki?! Ang dating samin kapag tinatawag kaming bading o bakla ng mga babae ay gusto nilang magpahalik!"

"Ahh.." kunwaring hindi interesadong sagot ko.

"A-Anak ng.." inis pang singhal nya. **"S-Seryoso yon!"** sigaw nya pa na nilingon ako at saka muling tumingin sa daan.

"Okay.." pang-aasar ko sa kanya.

"Gusto mong magpahalik noh?! Hahahahaha.. Gusto mo??" mayabang na tanong nya. **"Sabihin mo lang.. hehehehe ihihinto ko talaga 'to para pagbigyan ang request mong pabor na pabor sakin hahahahahaha!!"**

"Asa.. Hindi naman kita tinawag ng bading.. ang sabi ko lang, baka isipin ng mga tao'ng bading ka talaga kung ako pa susundo sayo.. Ang hina mo talaga.."

"Nagpapalusot ka pa! Hahahahahahaha! Isipin na nilang bading ako---ikaw pa rin ang girlfriend ko! Hehehehehe.." halatang masayang usal nya pa at nangiti naman ako.

"Tss.. Bilisan mo na.. Baka hinihintay na ko ni Chairman.." utos ko at sinunod naman nya.

~BROOOOMM!!~

At ilang minuto lang ay nasa BIS na kami..

Inalalayan nya akong makababa at saka tinitigan ang kabuuan ng motor ko.

"Bibili ako ng motor at ako ang susundo sayo araw-araw.." nakangiting sabi nya sa mismong mukha ko. **"Ayusin mo nga yang buhok mo.. ang gulo.. Baka sabihin ng tao baliw ka..... *'sakin'*.. Hahahahaha!"**

biro nya at saka lumapit sakin at inayos ang buhok ko. Nung maayos nya na yun ay saka tinitigan ang mukha ko at ngumiti.

Yung tipong BUO'ng BUO yung pisnge nya sa sobrang pagkakangiti!

"Kung may church lang ngayon dito.. pinakasalan na kita.." mahinang usal nya habang lumilinga sa paligid at natigilan naman ako. Dahilan para seryosong mapatingin ako sa mga mata nya. **"Para akong alkansya at ikaw yung barya hahahahaha! Araw-araw nadagdagan yung nararamdaman ko sayo hahahahahahaha!"**

Gulat akong napatingin sa kanya!

"A-Ano bang pinagsasabi mo!?" suway ko sa kanya. **"T-Tigil tigilan mo nga yang kagaganyan mo---para kang timang.."** inis kunwaring sabi ko at tinalikuran sya.

At saka ko inilabas ang mga ngiti ko nung natalikuran ko na sya..

Loko'ng Sensui.. Tsk tsk..

"Hoy! Hintayin mo ko! Lalagay ko dito sa box 'tong Helmet mo!?"

"Oo!" sigaw ko pa at saka nakangiting naglakad papalapit sa gate at maya maya lang ay sumunod na sya.

"Hintayin mo ko.." akbay nya pa sakin.

"Oh... My... God..."

"Look.."

"O-O-Oh..."

"W-Why are they like that!?"

"Why are they together?!"

"OMG.. Don't tell me.."

"Waaaaaaaaaaaaa..."

"Are they together now?!"

"They're in a relationship!?"

"They look cute but... ugh! I'm sooo jealous!!!"

"I can't believe this.."

"This can't be real.."

"Eeeeekkk!!! Kinikilig ako sa kanila.."

"Hahahaha oo nga.. Kakaibang couple---kung sila na nga hehehe!"

Nanatili na lang akong nakatungo habang naglalakad.

"Hahahahaha.. Sa tagal kong nag-aral dito sa BIS.. Ngayon lang ako natuwa sa mga bulungang naririnig ko hahaha!" mahinang sabi nya.

"Alin?"

"A-Anong alin?" takang tanong nya. **"Hindi mo ba narinig yung mga sinasabi nila?! Tch!"**

"Mahina pandinig ko e.."

"H-Ha??"

"Nahaharangan kasi ng tibok ng puso mo hahahaha.." biro ko at napangiwi naman sya.

"Ang korni mo.." nakangusong bulong nya pa at napayuko naman ako.

Hindi nagets ang king ina..

Nung marating namin ang quadrangle ay nagpaalam ako sa kanya.

"Dadaan muna ako sa D.O.."

"Samahan na kita gusto mo?" seryoso'ng tanong nya pa.

"Hindi na.. Mukhang may pag-uusapan kami ni Chairman e.."

"Ganon ba? O sige.. Magkita na lang tayo mamaya.. Don ka sa room namin dumaan paakyat ah? Para makita kita ulit.. Hehehehe.."

"Tss.. magkita na lang tayo mamayang lunch.."

"Tch.. Sige.."

"O sige na.. umakyat ka na sa room nyo.. Aral mabute.."

"Para sayo, babe.." sabi nya pa at saka ginulo ang buhok ko't naglakad papalayo.

Hindi ko na sya inantay makalayo at naglakad na rin ako papunta'ng D.O.

"OMG.. Sila na ba???"

"Huhuhuhuhu.."

"Hala! Don't tell me---sila na nga!?"

"Ano ka ba, Miyuki! Tignan mo nga yung ginagawa nila?!"

"Waaaa! Aiza, sa tingin mo sila na?!"

"I think sooo, Alie.."

"Waaaaaaaa!!!!"

"Huhuhhuhu..."

Hindi ko na pinansin ang mga naririnig ko't naglakad na papuntang D.O.

At tulad ng inaasahan ko ay nandon na nga si Dean at Chairman Moon.. Kasama si Mokz..

Pero hindi ko inaasahang nandoon rin si Choco.. at ang parents nya.

Napabuntong-hininga ako at saka tumango sa kanila..

"Good morning.." mahinang bati ko pa at saka tumango pa ulit sa kanila.

"Anja.." si Chairman at tinanguan ko na naman sya.

Translation: Sitdown..

Tumingin ako sa kanilang lahat matapos kong umupo at seryoso masyado ang mukha nilang lahat..

"Nakarating na sa amin ang nangyari.." mahinang usal ni Dean at napalingon ako sa kanya. **"Everything that happened between you and Mr. Funtales.."** dagdag nya pa at saka ako napatungo. **"Bakit hindi ka na lang magsabi? Bakit hindi ka na lang magreport? Kung ganyan ang ginagawa sayo.. h-hindi ba't kami ang dapat na unang makaalam ng nangayayari sa pagitan nyo?? Kami ang dapat unang makaalam ng tungkol sa gulo nyo.."** halatang nagpipigil ng galit na dagdag pa ni Dean at wala namang ibang nagsalita. Ramdam kong sakin sya nakatingin. **"Instead of using your energy, skills or whatever you call it.. I think mas magandang lumapit ka sa amin at magsumbong, Miss Pein.."** mahinang usal nya sakin at nakaramdam naman ako ng pagkapahiya. Agad naman syang bumaling kay Choco. **"Mr. Funtales.. I am sorry.. but we have to expell you.."**

"D-Dean.." si Choco.

"And that.. is final.." dagdag pa ni Dean.

"But this is not fair!" sigaw ni Choco sa kanya! **"B-Bakit po ako lang!? May ginawa rin naman po sya sakin! Look at my face, Dean! She did this! She made me---"**

"Mr. Funtales.." pigil sa kanya ni Dean. **"Hindi pa man nag-eexplain si Ms. Pein pero nakarating na sakin kung anong nangyari.. Hindi naman sa kinakampihan ko ang Apo ko pero.. nalaman kong kaya lang ginawa yan sayo ni Ms. Pein ay dahil sinaktan mo ng walang dahilan si Deib at ang mga kaibigan nya.. Schoolmates mo na mismo ang nagkwento nyan.. lahat ng mga nakakita sa inyo.. I also want this to be fair.. kaya naman hindi kayo'ng mga involved ang tinanong ko.. Kung hindi, yung mga tao'ng nakakita sa mga pinaggagagawa nyo.."** paliwanag ni Dean at napailing naman si Choco.

Nananatiling tahimik ang parents nya at ako naman ay hindi makatingin sa kanila..

"Mr. and Mrs. Funtales??"

"Y-Yes Dean??" sagot nung parents ni Choco.

"I'm very sorry to disappoint you.. pero wala na kaming magagawa sa behavior ng anak nyo.." maawtoridad na sambit ni Dean.

"W-We understand, Dean.."

"He was once a candidate for expulsion---No.. Both of them are.." sabi pa ni Dean na tumingin sakin. **"But I didn't expect na mauulit ang pangyayari'ng 'to sa loob ng maikling panahon.. Wala ba kayong kadala-dala?? Nakakasawa'ng makita kayong pabalik balik dito sa Office ko for the same reason!"** galit na tanong nya pa. **"Ms. Pein, kababae mo'ng tao.. Lumalaban ka sa lalaki.. Paano na lang kung may mangyari sayo??"** tanong nya at napayuko naman ako. **"Ikaw naman Mr. Funtales, kalalaki mong tao---hindi ka marunong rumespeto ng babae!"**

"Hindi naman po babae ang isang yan!"

"M-Mr. Funtales!" sigaw ni Dean.

"Choco, ano ka ba?" galit na suway pa sa kanya ng Daddy nya.

"Bakit?! In-expell nyo na ako't lahat---kaya magsasabi na ako ng gusto ko!" sigaw pa ni Choco at inis naman akong nilingon sya! Munit gulat akong napamasid sa kanya nung bigla syang tumayo at hinubad nya ang coat nya at binuksan ang mga butones ng polo nya.

Ipinakita nya ang leeg nyang may mga latay at ang dibdib nyang namumula!

"Look at me now, Dean.." sabi pa ni Choco na ipinakita ang katawan nya. **"Now tell me.. mukhang *'babae'* ba ang gagawa ng mga ganito?!"**

"Oh my God.." mahinang bulong pa ng Mommy nya kaya naman naiiwas ko pa ang paningin ko munit nahagip ng paningnin ko si Chairman na salubong ang kilay na nakatingin sakin!

Napailing ako at muling iniwas ang paningin ko,

"Hindi naman pwedeng magpabugbog na lang ako sa kanya!" sigaw pa ni Choco!

"Ahh.. so that's your reason kaya pinatulan mo sya?!" sarkastikong tanong ni Dean at napailing lang si Choco at hindi nakasagot. **"Kahit makaabot kayo sa korte ay matatalo ka!"** sigaw ni Dean sa kanya. **"What's going on with you, Mr. Funtales?? Hindi ko maintindihan kung bakit... bakit mo ginagawa 'to sa buhay mo?? Napakarami mong binuo'ng fraternities sa loob at labas ng BIS---tell me! Anong napapala mo dyan sa mga ginagawa mo??"**

"D-Dean.." naisagot lang ni Choco.

"Kapag hindi mo *trip* ang student dahil mayabang o maangas ang dating nito---binabanatan mo sa labas na akala mo may nagawang atraso sayo! Ang balita ko ay bumarkada ka rin doon sa mga

kabataang taga-Luna! Tsk tsk.. Sinisira mo ang buhay mo, Choco!" inis na sigaw pa ni Dean sa kanya at bumuntong-hininga at sumandal sa kinauupuan nya. **"We're sorry.. but we can't do anything about you.. At sa tingin ko.. ito lang ang pinakamagandang paraan para matapos ang gulo sa loob ng school na 'to.. Loob at labas ng paaralang ito.. Again, that's my final decision and you can't do anything to change that.."**

Tumayo si Choco at galit na tumingin kay Dean..

"You're not fair, Dean! Porket mas mayaman sa amin ang isang yan?!" duro pa ni Choco sakin!

"Choco, ano ka ba! Chairman Moon is here!" suway sa kanya ng Dad nya.

"Bakit, Dad?! Ikaw rin?! Nahihiya?! Wala kang magawa?! Ikaw Mommy?!" baling nya sa Mommy nya at saka tumingin kay Dean na nagtataka sa mga sinasabi nya! **"Just so you know, Dean.. Ang bahay at lupa namin ay pag-aari na ng mga Moon.. And I'm aware of that.."** mayabang pang sabi nya. **"Pero.. hindi man lang sila nagtataka kung bakit ganito pa rin ang treatment ko sa babae'ng yan kahit na alam ko kung sino sila at kung anong meron sila.."** at saka sya tumingin kay Chairman. **"Yun ay dahil hindi ako natatakot sa inyo!!!"**

"C-Choco! Enough!" sigaw ng Daddy nya pero hindi nya pinakinggan!

Bumaling sya sakin at kitang kita ko ang galit sa mga mata nya!

"May araw ka rin sakin!" banta nya at saka umalis!

"C-Choco!" habol pa ng Mommy nya pero nakalabas na ng tuluyan ito. **"S-Sorry po.. Dean.. S-Sorry po, Chairman and Mr. Mokz---"**

"It's okay.. You may leave.." pormal na utos ni Chairman at tumango naman ang mag-asawa sa kanya. Sinulyapan pa nila ako at saka lumabas ng Office na yun.

Naiwan kaming apat kaya naman naramdaman ko lalo ang tensyon..

"Geuneun mareul.. sasil-ya??" pormal na tanong sakin ni Chairman kaya naman naingat ko ang paningin ko sa kanya.

Translation: Yung sinabi nya.. totoo ba??

"Y-Ye.." napapahiyang sagot ko at saka bumuntong-hininga. Napapikit si Chairman pagkarinig ng sagot ko habang gumagalaw ang mga bagang nya! Nakaramdam ako ng kaba!

"K-Kailan ka ba madadala sa kakapasok mo sa mga gulo, Maxpein! Kababae mong tao---hindi ka ba nahihiya?! Anong iisipin sayo ng mga schoolmates mo!? Na gangster ka!? Mobster?! Thug!? What is wrong

with you?! Eh!?" pigil ang gigil sigaw nya sakin at hindi ako nakasagot. **"Ano ang iisipin sa amin ng mga tao ng dahil *'dyan'* sa mga ginagawa mo! You have everything! Kumakain ka at nakakapag-aral! May bahay ka at may mga gamit na hindi lahat ay mayron! Paanong yan pa rin ang ginagawa mo sa kabila ng mga bagay na dapat ay ipinagpapasalamat mo na lang!"** derederetsong panunumbat nya sa akin at mas lalong hindi ako nakasagot. **"Pilit kitang iniintindi sa kabila ng mga naririnig ko tungkol sayo pero ano 'tong ginagawa mo sa akin!? Do you think this is fair? Do you think this is acceptable?! Ani! Jeolte!"**

Translation: No! Never!

Naingat ko ang paningin ko at nagtama ang paningin namin ni Mokz. Bakas sa mukha nyang nag-aalala at naaawa sya sakin munit wala rin syang magawa.. Lalo pa at galit si Chairman dahil may kasalanan na naman akong nagawa.

"I cannot believe this.." mahinang usal pa ni Chairman na halatang nagpipigil ng galit. Napatungo lang ako at hindi nakapagsalita. Saglit na natahimik ang buong Office na yon bago pa ulit sya nagsalita. **"I don't want this to happen again, arasseo!?"** galit na tanong nya at napalunok naman ako sabay tango.

"M-Mianheyo.. H-Hwejang-nim.." tanging naisagot ko.

Translation: Sorry, Chairman..

"Wala ka ng ginawang maganda! Puro ka problema!" sigaw nya at napabuntong-hininga na naman ako.

"Geumanhe.." pakiusap ni Mokz sa kanya, munit hindi sya pinansin ng Chairman.

Translation: Enough..

"How long do you plan to stay like this, Maxpein!?" galit pa ring tanong nya sakin at hindi naman ako sumagot. **"Do you know how lucky you are?! Aju uni! Ara!?"**

Translation: Very lucky! Do you know that?!

Nanatili akong nakatungo at nagsisimulang manginig ang mga kamay sa kaba.

Pilit kong hindi ipinaparamdam sa kanila ang pagkapahiya at kaba ko.. Yung pakiramdam ng naririnig ni Dean kung paano akong pagalitan ng Chairman at yung katotohanang alam nila kung anong meron kami ni Sensui.. *NAKAKAHIYA*..

"Kapag nalaman kong pumasok ka na naman sa gulo.. Ako mismo ang mag-eexpell sayo!"

Kinabahan ako ng matinde!

Napaayos ako sa pagkakaupo at napatango.

"J-Jal i-ihaehamnida, H-Hwejang-nim.." utal-utal pang sagot ko.

Translation: I understand, Chairman..

"Ga!" sigaw nya pa at napatango na lang ako.

Translation: Leave!

Nakahinga lang ako nang maluwag nung makalabas ako ng Dean's Office.. Pero ang bilis bilis pa rin ng tibok ng puso ko..

Sa tingin ko ay hindi sinabi ni Choco ang nangyari kahapon.. Pero.. b-bakit hindi nya sinabi??

Napaisip ako at mas kinabahan..

Wala naman sana syang pinaplanong masama..

Gayunpaman ay mas nangibabaw ang lungkot sa katawan ko dahil sa mga sinabi ni Chairman..

I disappointed you again.. and again..

Bumagsak ang mga balikat ko sa isiping yun..

Napabuntong-hininga na naman ako sa naisip ko at saka naglakad papunta sa building namin.

Bago pa man ako umakyat sa floor namin ay napalingon ako sa room nila Sensui.. at hindi ko maipaliwanag ang lungkot na mas naramdaman ko nung makita ko syang tumatawa habang nakikipagkwentuhan sa mga kaibigan nya..

Nakangiti akong pinagmasdan syang tumatawa..

"Oh.. Si Max oh.." si Tob. Nginitian ko naman sya at nilingon naman ako ni Sensui at mas ngumiti sya ng malaki.

Pinagmasdan ko lang ang ngiting yun at namalayan ko na lang na nasa harap ko na sya..

"Hi.." nakangiting sabi nya pa. Sumandal sya sa hawakan ng hagdan dahilan para bumaba ng bahagya ang katawan nya. **"Kumusta ang naging usapan nyo ng Lolo mo----"** napahinto sya sa pagsasalita nang bigla kong ipatong ang noo ko sa balikat nya. **"T-Taguro.."** bakas ang pag-aalala sa tono nya. **"M-May nangyari ba??"** tanong nya pa na hinawakan ang pisngi ko.

Pero hindi ko sya sinagot at nanatili na lamang ako sa ganoong posisyon..

Maraming nangyari.. Pero ito ang kailangan ko ngayon.. ang ipahinga ang utak ko..

Napapikit ako habang nasa ganoong posisyon..

"T-Taguro.." muling usal nya habang hinahaplos ang buhok ko.

Dahan dahan kong inangat ang ulo ko at nagtama ang paningin namin.. Kaya naman nginitian ko sya kahit bakas pa rin ang pag-aalala sa mukha nya.

"Sigaw mo ang pinakamasarap sa pandinig ko.. alam mo ba yun?" mahinang tanong ko.

"H-Ha??" takang tanong nya pero hindi ko na yun inulit pa.

"Pumasok ka na.. Magkita na lang tayo mamaya.." mahinang sabi ko pa at saka tinapik ang balikat nya at umakyat na.

"T-Taguro.." dinig ko pang mahinang usal nya pero hindi ko na sya nilingon pa at nagtuloy na lang ako sa classroom.

DEIB'S POV

Hindi ko maipalawanag ang mararamdaman ko sa iniastang yun ni Taguro..

Nanatili akong gulat habang nakatingin sa hagdang dinaanan nya..

Nakaramdam ako ng matinding lungkot..

Anong nangyari?

Hindi ko maiwasang makaramdam ng pag-aalala..

Hindi ko ata kayang makitang malungkot sya.. Tsk..

Napapailing na tinignan ko pa ulit ang dinaanan nya..

"Mr. Enrile?!"

Gulat akong napalingon sa likuran ko.

"M-Miss.." sabi ko pa sa Lec.

"Pumasok ka na.." utos nya pa at napasunod naman ako.

DISCUSSION.

"Did you know the hyoid bone in your throat is the only bone in your body not attached to any other???" tanong pa ng Lec pero parang sarado ang pandinig ko.

Anong nangyari sa mahal ko?

Aalalahanin ko pa lang yung ginawa nya kanina.. parang tinutusok na ang puso ko..

Nakaramdam ako ng panlulumo at panghihina.. At ang matindi pa don, parang sumasakit ang dibdib ko..

Ano bang nangyayari sakin? Tsk!

Inilabas ko ang cellphone ko at nagtext kay Taguro..

Compose Message

~♥♥♥Taguro♥♥♥~

Babe, did you know that a person
can live without food for about a month??
And only about a week without water??
Message Sent!

Pilit ang ngiting napatingin ako sa Lec at saka pilit na nakinig..

Sana magreply sya..

Maya maya lang..

One Message Received

~♥♥♥Taguro♥♥♥~

Alam ko..
8:18am

Napangiti ako sa reply nya..

Tch! Hambog.. hehehehe!

Compose Message

~♥♥♥Taguro♥♥♥~

Tch! E alam mo bang
kaya kong mabuhay ng
wala ka sa tabi ko pero
mahihirapan nakong
mabuhay kapag
nawala ka sa buhay ko?
d--,b
Message Sent!

Napapangiting tumingin ako sa Lec at saka nakinig..

"Did you know that the brain uses between 20-25% of the oxygen you breathe??" nakangiting sabi pa ng Lec. **"Unbelievable.. but amazing.. Right class???"**

"Yeeessss, Miss.." sagot pa ng mga kaklase ko.

~BEEP~

One Message Received

~♥♥♥Taguro♥♥♥~

Tss.. Mag-aral kang
mabute dyan..
Kitikitext!

d^_^bv
8:28am

At napangiti na ako ng todo..

Ayaw kong malungkot ka, Taguro.. Mas gugustohin ko pang makitang galit ka.. Kesa malungkot.. Andwae! Hehehehehehe!

DISCUSS.

DISCUSS.

DISCUSS.

~RING!!!~

LUNCH BREAK!

"Hoy bilisan nyo naman!" pagmamadali ko pa kila Lee at Tob.

"Teka naman!" sigaw sakin ni Tob at saka lumabas ng room. **"Pucha dre, hindi na naman tayo magkakasabay.."** malungkot na sabi nya pa kay Lee at napalingon naman ako sa kanila.

"Pwede naman kayong sumabay samin e.." si Lee.

"Psh.. Alam mo naman yung nangyayari dun sa magkakaibigan e.." nakangusong sabi pa ni Tob at hindi naman ako kumibo, hindi rin sya sinagot ni Lee. **"Hindi ko naman kasi maintindihan si Michiko at yung dalawang bakla.. Ang t-totoo.. naiintindihan ko naman si Max.. Hindi nya naman kasalanan yun.."** napapabuntong-hiningang dagdag nya pa.

"Hayaan mo na muna.. lilipas rin yan.. Nag-alala lang talaga siguro yung tatlo.." si Lee.

"Namimiss ko kayo e.." biro pa ni Tob.

"Tch! Kung namimiss mo kami.. edi kausapin mo sila Michiko.. Ipaliwanag mo sa kanila yang sinabi mo samin ngayon.." sabat ko.

"Ginawa ko na dre.. Hindi epektib hahahaha!"

"Edi kulang ka sa effort hahahahaha.."

"Wag ka ng makisali sa gulo ng mga babae, dre.. Baka lalong lumaki hahaha!" biro pa ni Lee at saka kami dumeretso sa Canteen pagkagaling sa locker.

Inilabas ko ang cellphone ko at muling nagtext kay Taguro.

Compose Message
~♥♥♥Taguro♥♥♥~
Nandito na kami sa Canteen, babe.
Hihintayin kita, oorder nako..
d^_^b
Message Sent!

At um-order ako ng pagkain..

Maya maya lang..

"Jacky, narinig mo na ba yung balita??"

"Ano yun, Angel??"

"Si Taguro at Deib na!"

"What!?"

"Oo!"

"Kaya pala parati silang magkasama?!"

"Mmm.. at ang sabi ni Monica ay magkakaaway daw sila Migz, BJ at Michiko laban kila Naih at Taguro!"

"Hala, seryoso!?"

"Oo!"

Napailing ako sa mga narinig ko pero hindi ko magawang tignan ng masama ang mga nagbubulungan dahil natanaw ko na si Taguro'ng papasok ng Canteen.. Pinagmasdan ko ang mukha nya at nananatiling sa daan sya nakatingin habang naglalakad papalapit sa table namin..

Malungkot pa rin sya..

Nung makalapit sya samin ay agad akong ngumiti ng malaki..

"Beef steak for Deib and my Taguro.." mahinang bulong ko pa sa kanya. **"Hehehehehehe.. kain na tayo??"** yaya ko pa sa kanya.

Tumingin naman muna sya kay Lee at Parrot at saka naupo. Nilingon nya ang dating table nila at nakita si Tob kasama sila Michiko.

"H-Hayaan mo na muna sila.. Magiging okay rin kayo ng mga yan.." sabi ko pa at ngumiti lang sya. **"Kumain ka ng marami ah??"** nakangiting tanong ko pa at tumango naman sya.

"Kumusta mga klase mo?" seryosong tanong nya habang kumakain.

"Ayos naman hehehehe.. andami kong natutunan sa history.. Andami kong tama sa Math at English.. At ako ang pinakamabait sa Values hehehehehe.." pagmamayabang ko pa.

"Woooow ah.. hahahahaha! Ayaw mo namang purihin ang sarili mo, Sensui?!" banat ni Parrot.

"Hahahaha ayoko na.. Masyado ng maraming pumupuri sakin para purihin ko pa ang sarili ko hahahahaha.." biro ko naman sa kanya. **"Yang si Lee, humihina ang performance hahahahaha text ka daw kasi ng text.."**

"Bagay kayo.." sabat ni Taguro na itinuro ako kay Parrot!

"A-Ano?!" inis na tanong ko pa sa kanya at natawa lang sya! **"W-Wala ng ibang babagay sakin kung di ikaw hehehehehe.."**

"Tss.."

"Aigoo.. yan si Max, panay bagsak hahahaha.."

Gulat akong napatingin kay Taguro sa sinabing yun ni Parrot at salubong ang kilay na tinignan nya si Parrot dahilan para mapahiya ito't mapatakip sa bibig nya.

"S-San ka bagsak??" tanong ko pa.

"Wala yun.." sagot nya.

"T-Tch.. Pinag-aaral mo kong mabuti tapos ikaw.." panunumbat ko pa.

"Tss.. hindi porket matalino ako---hindi nako makakaranas bumagsak hehehe.." biro nya pero pansin ko ang pilit na mga ngiting lumalabas sa mukha nya kaya naman kunwaring nakitawa na lang ako sa kanya.

"Oo at hindi ka pwedeng umulit bumagsak dahil lagot ka sakin.." banta ko sa kanya pero hindi na sya sumagot.

Hanggang matapos kami sa paglalunch ay kapansin pansin talaga ang pananahimik ni Taguro, halatang may inisiip sya at ipinag-aalala.. Pero dahil ayaw kong isipin nyang mausisa ako ay pinapatawa ko na lang sya, pero halata pa ring napipilitan sya.. Kaya naman nung mga sumunod na klase ko ay hindi ko pa rin nagawang magfocus kaiisip sa kanya..

DISCUSS.

DISCUSS.

BREAK.

DISCUSS.

DISMISSAL.

"D-Dre, mauuna na kami nila Michiko.." iiling-iling na paalam ni Tob at nagulat man kami ni Lee ay tumango na lang kami sa kanya.

"Ingat.." si Lee.

"See you on Monday hehehe.. Ingat.." sabi ko pa.

"Ingat rin.. Text text na lang.." malungkot na sabi nya pa at saka tinalikuran kami at sumabay kila Michiko.

"Tsk tsk.. ito naman ang hindi ko inaasahan sa lahat.." dinig kong bulong pa ni Lee habang nakatanaw kay Tob. **"Kahit si Naih, nalulungkot dahil sa nangyari sa kanila.. Nahihiya rin daw sya kasi.. d-dahil daw sa kanila kaya napapahiwalay satin si Tob.."**

"Hindi naman natin sila sinisisi ah?"

"Oo nga pero.. syempre.. Alam mo naman ang mga babae.. Konting alitan sa mga tunay na kaibigan, nadedepress hehehehe.."

"Sana nga maging okay na sila.." sabi ko pa at saka binuksan ang locker ko at inilagay ang gamit ko don at saka kinuha ang mga kailangan ko na iuuwi ko sa bahay para aralin.

Maya maya lang ay naamoy ko na ang pabango ni Taguro kaya naman nakangiti akong nilingon sya..

Malungkot pa rin sya..

Pilit pa rin ang mga ngiting iginaganti nya sakin..

Wag ka na munang mangulit ngayon, Deib.. Pasayahin mo na lang sya kahit mahirap..

Pinanood ko syang magsauli ng mga gamit sa locker nya at maglagay ng ibang notebooks nya sa bag.

"Ako na magdadala nyan.." sabi ko pa na hinawakan ang strap ng backpack nya.

"Ako na.. Magaan lang naman e.." malumanay na sabi nya pa. **"Tara..???"** nakangiting tanong nya pa kaya naman nakangiting tumango rin ako.

Sabay sabay kaming apat na naglakad papuntang Parking Lot pero nahuhuli kami ni Taguro.

"I-Ihahatid mo k-ko sa bahay?" nahihiyang tanong ko pa.

"Oo naman.. pero ikaw pa rin ang magdadrive.." sagot nya at napangiti naman ako.

"Yayakapin mo ko ulit??" nakangiting bulong ko pa.

"Oo, para mawala ang pagod ko.." nakangising sabi nya pa.

"Talaga?? N-Naaalis ko ang pagod mo??" ngiting ngiting tanong ko at saka mas lumapit sa kanya.

"Mmm.. pero minsan, ikaw rin ang dahilan kung bakit napapagod ako.."

"B-Bakit ako!?"

"Hindi ka mawala sa isip ko e.."

"Eeeeeiiiissshhh!!!" usal ko na ginulo pa ang buhok nya!

"Nakakapagod kayang mag-isip ng mag-isip.. Hehehehe.."

"Edi di bale ng mapagod ka basta ako ang inisiip mo.. hehehehehe.." ngiting ngiting sabi ko pa at saka pumunta sa likod nya at hinawakan ang magkabilang balikat nya. **"Pagurin mo lang ang sarili mo dahil kaya**

kong ibigay sayo lahat ng lakas ko kahit manghina pako.. Ganyan ka kaimportante sakin, Taguro.."

"Dami mong alam.."

"Tch! Wag mo nga akong sungitan!" nakangusong sabi ko sa kanya. **"Naistress ako eh! Hahahahahahahaha!!"**

"Anak ng.. hahahahhahaha!!" at nakitawa sya.

Nakangiti namang tinignan ko sya.

"Nakakatuwa lang isipin na.. nagiging dahilan mo rin pala ako para manghina ka hehehe.." ngiting ngiting sabi ko pa. **"Ikaw rin kasi ang kahinaan ko.. Ikaw rin ang lakas ko.. Tsk.. lahat na lang nang nangyayari sa katawan ko may kinalaman sayo.. hahahahaha! Eto ba talaga ang epekto ng sobrang pagmamahal ko sayo??"**

"Ooooohhhh.. hahahahaha! Kalokohan yan.." pang-aasar nya pa habang ngiting ngiti rin!

"Kinikilig 'to e.." pang-aasar ko rin sa kanya.

"Asa.." biglang seryosong sabi nya at natawa naman ako.

"Ang sarap mo palang tignan kapag kinikilig ka??" nakangiting tanong ko pa at sa kanya kaya mas sumeryoso ang mukha nya at sumama ang mga tingin nya. **"Hahahahaha.. Oh?? Nawala yung ngiti mo?? Hahahahaha.. Kinikilig ka rin pala?! Hahahaha.. Pakita mo sakin.. dali na.."** biro ko pa sa kanya at nanatili pa rin syang seryoso.

Lumingon ako sa paligid at nung makita kong walang tao ay palihim kong hinawakan yung kamay nya..

Gulat pa syang nilingon ako at dahan dahang nagsalubong ang mga kilay nya, kaya naman nginusuan ko sya!

"Oh bakit?? Mas panget naman kung yayakapin kita ngayon dito, di ba?? Mas okay na 'to hehehe.." nakangiting sabi ko at saka nagtuloy sa paglalakad, napilitan naman syang sumabay sakin. **"Simula nung mahalin kita parang ayaw ko ng malayo sayo.."** ngiting ngiting sabi ko habang mukhang tangang naglalakad. **"Hahahahaha.."** mahinang tawa ko pa at saka huminto sa paglalakad at humarap sa kanya.

Nakangiting tinitigan ko ang mukha nya habang sya naman ay takang takang tumingin sakin.

"I believe that the worst part of loving someone is waiting for that someone to love you back.. pero hindi ko maintindihan kung bakit sakin parang lahat madali..??"

"A-Ano bang sinasabi mo dyan?" takang tanong nya pa.

"Nararamdaman na kita, Taguro.." nakangiting sabi ko pa.

"A-Anong nararamdaman??"

"I can feel you.."

"Because I'm here.." inosenteng sagot nya pa.

"I can feel that you love me too.." nakangiting sagot ko at natameme sya.

OceanofPDF.com

CHAPTER 131

MAX'S POV

"I can feel that you love me too.."

Nagulat ako sa sinabing yun ni Sensui..

Hindi ko maipaliwanag ang pagkailang na naramdaman ko..

WTF...

I can feel that you love me too..

I can feel that you love me too..

Nagpaulit-ulit sa pandinig ko ang sinabi nya habang nananatili kaming nakatingin sa isa't isa..

Titig na titig sya sa mga mata ko kaya naman hindi ko maalis ang pagkailang sa katawan ko!

Nakangiti sya habang tinititigan ako dahilan para lalo akong mailang!

At ang masama pa don..

Ramdam na ramdam ko ang bawat salitang binibitiwan nya..

"You're falling for me too.." matamis ang ngiting dagdag nya pa at mas napalunok naman ako!

Pilit kong kinalma ang sarili ko at pilit ring hindi iparamdam sa kanya ang pagkailang na nangingibabaw sa loob loob ko.. Seryosong tumingin ako sa kanya at saka bahagyang ngumiti..

"T-Tara na.. m-may pupuntahan pako.." usal ko at saka tinalikuran sya. Nakasunod sya sakin hangang sa tuluyan kaming makarating sa Parking Lot.

"Ingat! See you on Monday!" sigaw pa ni Lee samin at saka sumakay sa kotse nya at umalis.

"Max.. hintayin na lang kita sa TB.." si Naih at saka sumakay sa motor nya't umalis na rin.

Saka ako tuluyang bumaling kay Sensui.

"Tara??" yaya ko pa at tumango naman sya. Sumakay sya sa motor ko't naghelmet.

Maya maya lang ay nasa byahe na kami.. Pero hindi ko malaman kung bakit natahimik sya at hindi na nagsalita pa hanggang sa marating namin

ang bahay nila..

"Thanks at pinaexperience mo sakin 'tong motor mo.." nakangiting sabi nya sakin habang iniaabot sakin ang helmet ko.

"Basta ikaw.." nakangiting sagot ko.

"May pasok ka sa work mo?"

"Mmm.."

"Hanggang anong oras yun?"

"Mmm.. I don't know, depende sa dami ng customers pero paniguradong late na ako makakauwi.."

"I see.." sagot nya at saka muling ngumiti. **"Wag mo masyadong papagurin yung sarili mo ha?"**

"Mmm.. syempre naman.."

"Sige na.. baka ma-late ka pa.."

"Mmm.. itetext na lang kita.."

"Ingat ka.. Salamat ulit.."

"Salamat rin.." nakangiting sabi ko at saka tinalikuran sya.

Naglakad ako papalapit sa motor ko at saka muling nilingon sya..

W-Wala na ba syang sasabihin?? Tsk..

Hindi ko na pinansin ang naisip ko't sumakay na lang ako sa motor ko..

Muli akong lumingon sa kanya munit nakangiti pa rin syang nakatingin sakin..

"B-Bye.." sabi ko pa na kumaway sa kanya pero iniangat nya lang ang kamay nya bilang paalam at saka ngumiti ng hard.

~BEEP!~

Bumusina lang ako at umalis..

Tss.. nakalimutan ng mag-I love you.. buraot..

Napabuntong-hininga ako at saka nagdrive ng mabilis papunta sa The Barb.

"Hmmm.. akala ko hindi ka na dadating.." nakangiwing salubong sakin ni Barb at hindi ko naman sya pinansin.

Deretso akong pumasok sa loob papunta sa dressing room at nagpalit ng uniform. Matapos non ay dumeretso ako sa bar ng Coffee Shop.

"Yun oh! Woopya! Musta, Maxpein!!!" si Manyur, pinakamagaling na barista sa buong Laguna.

"Ayos naman.. maraming customer?" tanong ko habang nakatingin sa kape'ng hinahanda nya.

"Kanina oo.. pero nung dumating ka nawala lahat hehehe.."

"Tss.."

Hindi ko na sya pinansin at saka ko tinignan ang schedule.. Sa Game Zone nakaassign ngayon si Naih at nasa Resto naman sina Beka at Boy. Dito naman sa Coffee Shop at sina Manyur at yung isa pang barista'ng si Brian ang naka-assign.

"Sa Bar ka mamaya, kasi hanggang 8pm lang kami ngayon ni Brian.." sabat ni Manyur nung mapansing nakatingin ako sa sched. **"Sa kitchen ka nakaassign ngayon, kasi ngayon ka na nga lang daw pumasok e nalate ka pa.. Hahahahaha!"**

Bumagsak ang mga balikat ko nung marinig ko ang sinabi nya.

Kung sa kitchen ako nakaassign ay paniguradong pagud-paguran na naman ako. Hindi nauubos ang hugasin don at kailangang mabilis kumilos.

"Tutulungan mo rin mamaya si Beka sa bar hahahaha. Multi-tasking nga dyan hahahaha.." dagdag pang-aasar nya pa.

Tinulungan ko na muna si Manyur sa Coffee Shop hanggang sa mabilis na tumakbo ang oras at sinaran na ang Coffee Shop at Resto. Nanatili namang bukas ang Game Zone at bubuksan naman na ang Bar. Sila Barb at Jep ay kasalukuyang may kausap sa loob ng maliit na office nila kaya naman hindi ko sila masyadong nakakasalamuha.

"Mauna na kami.." paalam pa ni Brian at Manyur nung gabi na.

"Geh.. ingat.." sagot ko sa kanila at saka nagsuot ng apron at sinimulan ng magtrabaho.

Tumabi ako kay Beka at sinimulan kong lagyan ng ice ang mga lalagyan at saka inihilera sa parte'ng abot kamay lang ni Beka.

"Table 17.." sabi ni Naih at saka inabot ang listahan. Agad ko namang inipit yun at tinignan isa-isa. **"Table 7 at Table 13.."** sabi nya at saka umalis. **"Good evening Sir.. Mam.. Table for three??"** dinig ko pang sabi nya habang nagsisidatingan ang mga customers.

Maya maya lang ay dumagsa na ang mga tao at mabilis kaming nagsikilos.

"Table 19.. Table 12.. Table 11.. Table 7.. Table 9.. Tsk.. Napapagod nako ah.." reklamo pa ni Naih. **"Hanep sa salubong tsk tsk.."** bulong nya pa sakin habang nakatingin sa mga customers.

"Hahahahaha maswerte talaga kayo.. nagdadala kayo ng pera.." bulong pa sakin ni Beka habang isinasalansan ang mga orders.

"Ganito rin ba karami ang customers nyo nung mga gabi'ng wala kami?" tanong ko sa kanya habang naglalagay ng baso sa tray.

"Hindi hahahaha.. Kaya nga sabi ko maswerte kayo e hahahaha.."

"Friday kasi.."

"Hindi rin hahahaha.. nung mga nakaraang Fridays ay hindi naman ganito karami ang customers.." nakangiting sabi nya at nagtuloy na lang ako sa ginagawa ko.

Maya maya..

"Max.." si Barb, nilingon ko naman sya. **"Pwede favor?"**

"Ano yun?" tanong ko.

"Gusto daw nung nasa VVIP room ay ikaw ang magserve sa kanila.."

Gulat akong napatingin sa kanya at sinulyapan ang VVIP Room..

"Sinong nandon?" takang tanong ko.

"Mga babae e.. ikaw na muna.." nakikiusap na tono'ng usal nya pa.

"S-Sige.." napapailing na sabi ko at saka naglagay ng cap at kumuha ng listahan, menu at ballpen.

Maya maya pa ay pinasok ko na ang VVIP Room.

"Good eve---" napahinto ako sa sasabihin ko nung makita ko kung sinong tao ang nandon..

SI KIM..

"Hi, Maxpein.." sarkastikong bati nya at napabuntong-hininga naman ako.

"Good evening.." bati ko at saka iniabot sa kanya ang Menu, at doon ko napansin kasama nya si Ayii..

"It's been a while.." bati pa sakin ni Ayii at hindi ko na sya sinagot, inabot ko na lang rin ang Menu sa kanya.

"Pakipress na lang ang button na yan kapag kaila---"

"No, you stay here.." utos pa sakin ni Kim dahilan para mapigil ang dapat na sasabihin ko. Natigilan ako at napatingin sa kanya. Nginisian nya pa ako at saka muling tumingin sa menu. **"It'll be my first time to drink.. what's your best seller??"** tanong nya pa.

Best seller yer face..

"Y-You should try our Chateau Raymond's White Wine.." sagot ko.

"I'll order a bottle Chateau Raymond then.. Mmm.. Buffalo wings, fries and.. mmm taco's please.." maarteng sabi nya pa at isinulat ko naman lahat yun.

"I'll be back in a minute.." sabi ko pa at saka lumabas.

Naglakad ako papunta sa bar at sinalubong naman ako ni Naih.

"Table 22, pakibilisan daw.." inis na sabi nya pa kay Beka at saka humarap sakin. **"Sinong nasa VV??"**

"Si Kim.."

"W-What!?"

"Si Kim.." pag-uulit ko.

"Anong ginagawa nun dito!?"

"Iinom.." pormal na sagot ko at saka humarap kay Beka. **"Isang Chateau Raymond.. Buffalo Wings, Fries, Taco's at Sizzling Sisig.."**

"May kasama ba sya!? Sinong kasama nya!?" tanong na naman ni Naih.

"Si Ayii, yung kaibigan nya.."

"Hala.. At talagang ikaw pa ang ginusto'ng magserve ah!?"

"Tss.." singhal ko sa kanya at saka pumasok sa bar at tinulungan na lang si Beka dahil natambakan sya ng orders, si Boy naman ang humalinhin sakin sa Kitchen. Isa-isa kong kinuha ang mga baso at ice para kila Kim at saka sumilip kay Boy sa Kitchen**. " Sizzling Sisig, Taco's, Buffalo Wings at Fries sa VVIP, pakibilisan, salamat.."**

"Leche ah.. sinong VVIP ba yan?!" si Boy.

"Si Medussa! Kaya bilisan mo dyan!" sigaw pa ni Naih sa kanya at saka muling tumingin sakin. **"Lola mo, nandito ata for revenge.."** natatawang sabi nya pa sakin na sinusulyapan ang entrance kung may papasok na bagong customers.

"Nag-aalala nga ako e.." sagot ko pa habang naglalagay naman ng mga baso sa iba pang trays.

"Bakit naman!?" taas-kilay na tanong sakin ni Naih.

"Dahil baka sabihin nyang nagtratrabaho tayo dito.. alam mo namang hindi natin pwedeng ipaalam di ba? Bar 'to.. Tss.."

"Hala siyeeeet!!! Oo nga pala!" sigaw ni Naih na napatakip pa ng bibig nya.

Hindi ko talaga inaasahang pupunta sya dito..

At wala akong maisip na dahilan kung bakit sya pumunta dito at ako pa talaga ang ginusto nyang magserve sa kanila.

Tss..

"Pano yan!?" nag-aalalang tanong pa ni Naih.

"Hayaan mo sya.." sabi ko at saka binuhat ang tray ng mga wine glass at dinala sa room nila Kim.

Pagbalik ko don ay hindi ko inaasahang may mga kasama na sya. Kung kanina ay dalawa lang sila ni Ayii, ngayon ay apat na sila. At hindi ko kilala yung dalawang kasama pa nila.

"Please bring another two.." sabi nya na nakaturo sa mga wine glass, at tumango naman at saka lumabas.

Mabilis akong kumuha ng dalawang wine glass at saka nagdala ng pitcher of ice.

Pagbalik ko don ay inilapag ko ang mga glass don sa dalawang bagong dating na kasama nila.

"Do you remember something when you see this, Maxpein?" biglang tanong ni Kim kaya naman nilingon ko sya. Nakangisi sya habang nakahawak sa wine glass nya.

I gave her a blank stare.

"I do.." nakangising sabi nya pa at saka bahagyang tumawa.

Hindi ko naman na sya pinansin at lumabas na lang ako ng kwarto'ng yun at muling bumalik sa bar.

"Fries and Taco's.." sabi ni Boy sabay abot ng tray at kinuha ko naman yun. **"2 minutes pa yung Sisig at 3 minutes ang Buffalo Wings.."**

"Sige.." sabi ko at saka kinuha yung Chateau Raymond Bottle at muling bumalik sa VVIP Room nila Kim. **"Here's your Chateau Raymond.. taco's and fries---"**

"I ordered Buffalo Wings first.." pigil na naman sakin ni Kim. **"Where's the Sizzling Sisig??"**

"I'll serve it in less that 4 minutes.." sagot ko pa.

"Okay.." nakangiting sabi nya pa at tumango naman ako.

"Is there anything you'd like to order??" tanong ko pa na ipinakita pa ang menu.

"Be back in less than 4 minutes.. then I'll order some more.." sarkastikong sabi nya pa at tinanguan ko na lang sya saka lumabas.

Tinulungan ko agad si Beka pagkabalik ko ng bar.

"Kilala mo yung nasa VVIP??" tanong pa sakin ni Beka.

"Mmm.. schoolmate ko.."

"Ahh.. kaya ikaw ang pinatawag don?"

"Mmm.."

"Table 22.. Table 28.. Table 30! Goodness! Bakit dumadami ng dumadami ang customers?! What's wrong with these students!? Wala

ba silang homeworks?! Goodness!" si Naih na mabilis ring umalis at nilapitan ang mga bagong dating na customers.

"Paguran 'to, bakla! Jusko.." usal ni Beka na sunod sunod naglagay ng shot glass sa sunod sunod na tray rin na inihilera ko.

"Hi.." biglang may lumapit at tumingin naman ako sa kanya. **"A glass of Macallan please.."**

"Yes, Serr.." sagot ko at saka tinalikuran sya.

"Loko ka bakla, ang gwapo nung guy oh.." bulong pa sakin ni Beka.

"Oh e anong gagawin ko?" takang tanong ko sa kanya at saka inabot ang bote nung in-order nya at muling lumapit don sa lalaking umupo mismo sa chair sa harap ng bar. Inilapag ko ang shot glass sa harap nya at saka sinalinan yun.

"Thanks.." nakangiting sabi nya pa at hindi ko na sya pinansin.

Maya maya pa..

"Another glass please.."

Nilingon ko sya ulit at saka muling kinuha ang bottle at sinalinan sya.

"Thank you.."

"Welcome, Serr.." sagot ko pa.

"You see.. I'm alone here, is it okay to stay here?? I mean, sitting here alone??" inosenteng tanong nya pa at tumango naman ako.

"Of course, Serr.." sagot ko.

"A-Ahh hehehehe.. Here's our menu, Sir.." sabat ni Beka na inabutan sya ng menu.

"Thanks!" nakangiting sabi nya pa at saka binuksan yun.

Isinalansan ko pa yung ibang glass habang sumisilip kay Boy sa loob ng kitchen.

"Hindi pa ba tapos yan!?" inis na tanong ko sa kanya.

"Hindi pa! Bakla ka! Sana ikaw na lang ang mantika! Mukhang mas mainit ka!" pang-aasar nya sakin.

"Tss.."

"Hey, Miss.."

Nilingon ko ulit yung lalaki sa bar, nakatingin sya sakin.

"Yes, Sir?" tanong ko pa sa kanya.

"Can I have this and... this..??" tanong nya habang nakaturo sa menu, sinilip ko naman yun.

"One Creamy Chicken Sisig and one Sierra Nevada, Sir?" tanong ko pa.

"Yes please.."

"Your name, Sir??"

"Rembrandt.. Rem for short.." nakangiting sagot pa nito.

"May solo table rin po kami, Sir.." biglang sabat ni Beka.

"Ahh no.. but I can transfer if I'm not allowed to stay here?" nakangiting tanong pa nito.

"It's okay, Sir.." sagot pa ni Beka.

Ibinigay ko kay Boy ang order nyang Sisig at saka kinuha sa ref ang in-order nyang beer.

"Excuse me???"

Napalingon ako sa likod ko nung marinig ko ang pamilyar na boses na yun!

SI KIM!

"Yes Ma'am?" nakangiting baling sa kanya ni Beka.

"Where's my order??" masungit pang tanong ni Kim kaya naman nagkatinginan kami ni Beka.

"I'll serve it in a minute.." sagot ko sa kanya.

"Duh!? We've been waiting for 5 minutes now!?"

"A-Ayy sorry po, Ma'am.. iserserve na lang po ng server namin in a minute.." sabat pa ni Beka.

"Faster.." utos pa ni Kim at saka tinalikuran kami.

"Wheeewww..." sipol pa nung Rem na nakaupo sa bar.

Hindi ko naman na sya pinansin at muling sinilip si Boy.

"Hindi pa ba tapos??" tanong ko kay Boy.

"Oh ayan na! Punyeta! Sabihin mo ubusin nya lahat yung sisig ngayon na! Para pumutok putok pa sa bibig nya leche sya!" inis na sabi nito at nginisian ko naman sya saka kinuha yun at dinala kila Kim.

"Oh.. buti naman dumating na!?" sarkastikong tanong pa ni Kim. Hindi ko na lang sya tinignan at isinalansan na lang ang mga yon sa table nila.

"Please press the button if you need something.. Enjoy your stay.." pormal na usal ko.

"Wait.." si Kim, tinignan ko naman sya. **"You stay here.."**

"I can't do that.." pormal pa ring sagot ko.

"Why not?!" natatawang tanong nya at hindi ko naman sya sinagot. **"Okay, I'll just press the button if I need you.."** sarkastikong dagdag nya at lumabas na ako.

Pero pagkarating na pagkarating ko pa lang sa bar..

~BUUUUZZZZZZ!!!!~

Napatingin ako kung anong bulb ang umilaw..

"VVIP.." bulong pa sakin ni Beka!

Sa room nila Kim! Peste!

Inis akong naglakad papunta doon!

"Oh.. you're back!?" natatawa pang tanong nya at saka tumingin sa buzzer. **"I just tried it.. hahahaha! Sorry.."** mapang-asar pang usal nya at saka ngumisi sakin. **"You can go.."**

Muli akong lumabas ng room na yun at bumalik sa bar..

Pero pagkabalik na pagkabalik ko pa lang!!!!!

~BUUUUZZZZZZ!!!!~

WTF???

Inis akong napatingin ulit sa bulb at muling nagkatinginan kami ni Beka!

"Emergency teh!?" sarkastikong tanong nya pa habang nakatingin sa bulb!

Iiling-iling na napatingin ako sa pinto ng room nila Kim at saka inis na bumalik doon!

"Water please??" agad na bungad sakin ni Kim!

"Is there anything more you *need*???" pagdidiing tanong ko!

"Just.. water, please??" natatawang tanong nya pa at inis akong iniwanan sya.

"Mukhang trip ka nung schoolmate mo ah??" natatawang tanong sakin ni Beka.

"Bitter kay Sensui.." nakangising sagot ko at saka kumuha ng pitcher of water.

"Aww hahahahaha e ang ganda mo daw kasi.." sabi pa ni Beka pero hindi ko na sya pinansin at dinala ko na lang ang tubig kila Kim.

"Thank you.." nakangiting sabi pa ni Kim, pero tinanguan ko na lang sya at saka muling bumalik sa bar.

"Sana tinikman mo muna yung tubig na ibinigay mo, baka clorox yung naibigay mo.. Hahahahaha.." biro ni Beka.

"Hahahahaha.." nakitawa naman yung Rem sa kanya kaya sinulyapan ko pa sya.

Nakitawa na lang ako ng bahagya sa kanila at saka nagtuloy sa ginagawa ko kanina. Nakita kong naiserve na kay Rem yung order nya.

"Table 9.. Table 2.. Table 14... At yung nasa Table 1, isang kahang sigarilyo.." si Naih. "Hi Sir, enjoy your stay.." bati nya pa kay Rem.

"Thank you.." sagot pa nito sa kanya.

Tinignan ko ang orders sa listahang binigay ni Naih nung biglang..

~BUUUUZZZZZZ!!!!~

Naiangat ko ang ulo ko sa kisame at saka napapikit sa inis matapos kong makitang sa room na naman nila Kim ang buzz na yun!

"Uyy may nagbabuzz sa VVIP.." sabi pa ni Naih. **"Ako na----"**

"Ako na.." pigil ko pa sa kanya at saka pumunta sa room nila Kim.

Talagang ipinakita ko pa sa kanyang naiinis na ako sa ginagawa nya.

"Oh, you're back! You see.. nagserve ka ng water ng walang glass?? Duh!?" sarkastikong sabi pa ni Kim at hindi ko na sya pinansin!

Mabilis akong lumabas at kumuha ng tray at naglagay doon ng apat na baso at saka muling bumalik sa room nila at pabagsak na inilagay yun sa table nila!

"Isang pindot mo pa.. lalabas ka na.." pigil ang inis munit seryosong usal ko habang nakatingin ng masama sa kanya at saka lumabas at pabagsak na isinara ang pinto nila!

Biatch..

Naglakad ako pabalik sa bar at gulat namang tumingin sakin si Naih.

"Anong eksena mo?" si Naih.

"Si Kim yun nandon sa loob.." usal ko at nanlaki ang mga mata nya.

"Talaga?!" gulat na tanong nya at binigyan ko naman sya ng masamang tingin. **"Umiinom??"**

"Mmm.." sagot ko.

"Bakit ngayon lang sya nagkakaganyan?? Hahahaha.."

"Baka busy.. hahaha!" sagot na biro ni Beka.

"Hahahaha hindi maasikaso ang broken heart sa sobrang busy?! Hahahaha! Kaloka! Hindi makapag-emo kababasa hahaha!! Inaasar ka??" tanong pa sakin ni Naih at tinanguan ko lang sya. **"Asarin mo rin hahaha!"**

"Tss.." singhal ko sa kanya at nagtuloy na lang sa ginagawa.

Mabilis na tumakbo ang oras at naging busy kaming lahat sa trabaho. Um-order pa ng panibagong dalawang bote ng white wine sila Kim at isang hard drink at mga pulutan. Pero hindi naman na nya ako ginulo at kinulit pa.

Dahil umuwi na sila Manyur at Brian at dinagsa kami ng mas maraming customers kaya naman medyo nahirapan kami, sunod sunod ang dating ng customers at sabay sabay naman ang pag-order nila. Sina Barb at Jep ay busy sa Game Zone. Si Naih ang nag-iisang servant at hirap na hirap na sya dahil sa sabay sabay na orders. Habang si Beka ang nasa bar at si Boy sa loob ng kitchen. Palitan naman ang ginagawa ko. Papasok sa kitchen para kunin ang ibang orders at naglalagay sa trays ng mga orders, at tumutulong kay Naih kumuha ng orders. Pero kapag nagsara ang bar ay ako ang maglilinis ng kitchen dahil dun talaga ang assigned area ko.

Maya maya pa ay lumakas ang sounds at nagpuntahan ang karamihan ng customers sa dance floor at nagsimulang sumayaw..

Now Playing: Hey by Rainey Fatima

♫ ♪ 'You, should'nt hesitate 'bout my feelings for you.. I've proven so many times and different ways to you.. I hope somewhere deep inside you know that I love you.. Coz whenever you come walkin' my way.. I said hey, hey yeah.. I love you till the morning comes.. I said hey,hey yeah.. I'll kiss you till the morning shine.. Now is not the right time to get serious.. Now is not the right time, now is not the right time.. I dont wanna seem mysterious.. Give me time, in time i'll be.. I'll set myself free.. But whenever you come, walkin my way.. I said hey, hey yeah.. I love you till the morning comes.. I said hey, hey yeah.. I'll kiss you till the morning shine.. Love you more than words can say.. Love you more than anyway, oh oh.. Love we share is oh so strong.. I know that we both belong.. But whenever you come.. Walkin my way.. I said hey, hey yeah.. I love you till the morning comes.. I said hey, hey yeah.. I'll kiss you till the morning shine.. Pararararararpaprarapapappapa..' ♪ ♫

"Hey! Can you give us another bottle of this??"

Napalingon ako sa bar nung marinig ko ang pasigaw na tanong Kim!

Pinagmasdan ko sya dahil bakas na sa tono ng pananalita nya'ng may tama na sya.. Nilingon ko ang mga kasama nya at gegewang gewang na rin sila kung magsisayaw..

"Hahahahahahaha! At isa pa nung hard drink kanina!" dagdag pa ni Kim at saka sumayaw sayaw sa harap ng bar! **"O-Oopppss!! Sorry! Hahahahaha! Sorry!"** sabi pa ni Kim nung biglang madali nya si Rem.

"It's okay.. are you okay??" tanong pa ni Rem sa kanya.

"Of course I'm okay.. do you wanna dance?!"

"N-No.. Actually I'm just here to d-drink.."

"Okay hahahahahaha!"

Nung makita kong iaabot na ni Beka ang panibagong bote ng Chateau Raymond ay mabilis akong lumapit sa kanya at inagaw yun.

"May tama ka na.." sambit ko pa sa kanya.

"W-What!?" tanong nya na hindi narinig ang sinabi ko sa lakas ng sounds.

"You ordered three bottles already.. nag hard ka pa, may tama ka na!" malakas na sagot ko pa sa harap nya.

"So??" halatang inis na tanong nya.

"Tama na.." sabi ko pa.

"A-Ah?! H-Hey!" sigaw nya pa sakin kaya hinarap ko syang muli. **"Ano bang pakialam mo kung may tama nako?!"** galit na tanong nya at napaiwas naman ako ng tingin sa kanya dahilan para mahagip ng paningin ko yung Rem na nakaupo pa rin sa bar at astang natatawa saming dalawa ni Kim. Hindi ko naman sya pinansin at tumingin na lang ulit kay Kim. **"G-Give me that!!!"** pilit na agad nya sa bote pero inilayo ko 'to lalo sa kanya.

"Walang maghahatid sayo pauwi---kaya tigilan mo na.." mayabang pang usal ko.

"H-Ha!" napapanganga pang singhal nya. **"I can't believe this.. hanggang sa alak ba naman ay aagawan mo ko?!"**

Gulat akong napatingin sa kanya.

"Eh!?" takang tanong ko.

"Give me that bottle! Or else I'll fire you!"

"Fire *me*??" madiin at pigil ang tawang tanong ko pa sa kanya at saka ko tuluyang ipinatong sa ref ang wine bottle. **"Go ahead.. fire me.."** hamon ko pa sa kanya. **"Pero hindi ko pa rin ibibigay sayo ang bote'ng yun..**" turo ko pa sa alak at saka seryosong tumingin sa mga mata nya.

"Grrrrrr!!! M-Maxpeeeeeiiinnn!!!" gigil at malakas na sigaw nya dahilan para mapatingin sa kanya ang mga customers na malapit samin!

"Ano bang nangyayari sayo?" pigil ang inis na tanong ko at tinignan nya naman ako ng masama! **"Wala akong pakelam sayo pero wag kang lalasing lasing sa harap ko.. dahil hindi magandang tignan.."**

"And why do you care?!"

"Tss.. kasasabi ko lang, wala akong pakelam sayo.."

"Psh! Hahahaha! Ang isang basura ay nagsasalita ng ganito sa harap ko?! **HIK! Very funny! You're really weird hahahaha! Wala kang pakialam sakin e bakit pinapakialaman mo kung anong magiging**

itsura ko?! Do I really have to look beautiful everytime I'm in front of you?!"

"In front of everybody.. maraming nakakakilala sayo dito.. hindi lang ako.. Kaya if I were you, aayos ako.." seryosong sabi ko at natigilan naman sya, nginiwian ko sya at saka tinalikuran.

DEIN'S POV

Pagkaalis nila Deib at Maxpein ay umakyat na ako sa kwarto ko at nagprepare na papasok..

~KNOCK! KNOCK!~

Nilingon ko ang pinto nung biglang may kumatok don at bumukas..

Si Mommy..

Nginitian ko sya at saka nagtuloy sa ginagawa ko.

"You're preparing for school??" nakangiting tanong nya nung muling lingunin ko sya.

"Mmm.. I have three major classes and a minor.." nakangiti ring sagot ko at lumapit naman si Mom.

Inayos nya ang buhok ko at blouse na uniform at saka bumuntong-hininga at ngumiti.

Nginitian ko rin sya.

"Ang ganda ganda ng anak ko.." namamanghang sabi pa ni Mommy.

"Ay sus.. Mommy naman e.. hahahahaha! Ang tagal tagal ko ng ganito kaganda, ngayon mo lang ako pinuri??"

"Mmm.. everytime na makikita ko kayo ni Deib Lohr, feeling ko ako ang pinakamagandang babae sa buong mundo kaya naman ang ganda at ang gwapo ng anak ko.."

"Hm! Mommy talaga.. Psh! May dugo ni Daddy si Deib kaya ganon kagwapo ang anak nyong yun, hindi lahat ay nakukuha sa inyo okay? Hahahahaha!" biro ko pa sa kanya.

"And now that you're both in a happy relationship.." malungkot pang sabi nya. **"I'm hoping na sana wag kayong mawalan ng time samin ng Dad nyo.. wag kayong tumigil maging sweet samin.."**

"Mommy naman, of course not.. You see, I'm in a relationship with Randall for two years now, but I feel like walang nagbago sa relationship ko sa inyo.."

"I know that's why I'm hoping na magpatuloy lang yan at wag kayong magbago.."

"Of course not, Mom.."

"I'm happy for both of you.." nakangiting sabi nya pa kaya ngumiti rin ulit ako.

"At masaya rin akong makitang masaya kayo para samin.. Yung ibang parents dyan ay hindi pumapayag makipagrelasyon ang anak nila kaya naman hindi nawala sa isip ko even for a second na maswerte ako to have you.. Thank you for being my Mom.."

"Yiiiieeee.. ikaw talaga.." sabi nya pa na hinawakan ang tenga ko. **"Okay ba kayo ni Randall??"**

"Mmm.. hehehehehe.." parang kinikilig pang sagot ko. **"Hindi kami nagkita kahapon pero hindi sya nakalimot tawagan ako.. para lang ipaalam na nasa bahay na sya.. Boys don't do that often so.. nakakatuwa lang hahahaha.."** masayang sabi ko pa.

"Woh.. That's nice.." sabi nya pa. **"Do you like Maxi for Deib??"** nakangiting tanong nya at naramdaman ko ang unti-unting pagkawala ng mga ngiti sa pisngi ko na pilit ko namang ibinalik para hindi sya magtaka.

No, Mom.. I don't like her for him.. But this is the only choice para tuluyan syang mawala sa landas namin ni Randall..

"Of course, Mom.." pilit ang ngiting sagot ko.

"I like her for Deib too.. She looks different from other girls hihihi.. There's something about her that makes me like her more and more? Alam mo yun? I can't explain how I feel e.. basta! Hihihihih.. Yung pagiging different nya from others ang nagdadagdag ng interest ang curiosity sakin, alam mo yun??"

"H-Hahaha! A-Ano ka ba, Mom.. Si Deib ang dapat makaramdam nyan at hindi kayo.. Okay??"

"Wala lang hahahahahaha.. I don't why I have this feeling na.. magiging family member natin sya.. I really like her.."

"m not ready for that, Mom.. And I will never be..

"I t-think I should go now, Mom.."

"Ahh yeah, sorry kung dinaldal kita hihihihi.."

"Nah.. I think that we should do this everyday hahahaha.." sabi ko pa at saka isinabit ang bag ko sa balikat ko.

"I know I don't do this often but.. I feel like doing it now.." usal nya at saka hinalikan ako sa pisngi..

Bahagya pa akong natigilan at saka ngumiti sa kanya.

"Nobody knows how lucky I am to have a Mom like you.." nakangiting sabi ko pa. **"But I do.. haha! I love you, Mom.."**

"I love you too, Dein Leigh.." nakangiting sabi nya at saka muling inayos ang buhok at damit ko. **"Baka malate ka, you should go and be safe.."**

"Yes Mom..." nakangiting sabi ko at saka lumapit at humalik sa pisngi nya. **"I love you.."** usal ko pa at saka bumaba. **"Dad, pasok na po ako.."**

"Mmm.. ingat iha.." nakangiting sabi nya pa at saka kumaway sakin.

Kaya naman pagsakay ko ng kotse ko ay hindi maiwasang hindi mapangiti..

Yeah.. I have everything.. everything to thank God for..

Nakangiting pumasok ako sa school at nagklase..

DISCUSS.

BREAK.

"Tara sa Canteen, hindi ako nakapagbreakfast e.." yaya sakin ni Keziah.

"Tara.." sagot ko sa kanya at saka sabay kaming naglakad papunta sa Canteen.

Simula nung nangyari yung kila Randall at Kim ay ramdam kong naging cold ako kay Kez, alam kong ramdam nya rin yun dahil ilang araw rin kaming hindi nagpansinan. Pero narealize ko ring wala syang kasalanan dahil hindi naman nya kasalanan ang kasalanan ng kapatid nya. Although aaminin kong nainis rin ako sa kanya nung una, pero naging okay rin naman kami nitong nakaraan.

Tatlo lang ang klase namin ngayon at malaki ang oras sa pagitan ng bawat subjects.

"Anong sayo?" tanong pa sakin ni Kez bago pumunta sa line.

"Kumain nako sa bahay pero parang gutom pa rin ako hahahaha.." biro ko. **"Cassava sakin at saka ube cake hehehehehe.. kailangan ko ng matamis dahil patayan na naman mamaya sa Micro.."**

"Sige hihih.." sabi nya at saka pumunta sa line, humanap naman ako ng table na mauupuan namin.

"Hi Dein.." bati sakin ni Jamie, classmate namin, habang nakaupo ako at nag-aayos ng gamit sa bag ko.

"Hi.." nakangiting sagot ko rin sa kanya na naupo pa sa harap ko.

"Naka-duty ko si Randall kahapon ah??"

"Mmm?? Saan??" takang tanong ko naman.

Kasi madalang naming makaduty si Randall although affiliated ang school namin. At saka, third year si Randall while first year naman kami.

Warding lang ang ginagawa namin at konting exposures sa ibang areas ng hospital such as Operating Room and Emergency Room, pero yung makaduty ang ibang year at ibang school pa, parang nakakapagtaka lang.

"Kasi sya ang nakaduty sa ward kahapon hehehehe, e don rin kami kahapon kasi may ibang schools sa ibang areas." nakangiting sagot nya kaya naman kumalma ako.

"Ahh talaga?"

"Mmm.. andami na naman ngang nagpapatulong sa kanya hahahaha.."

"Psh.." singhal ko at saka natawa.

Matalino kasi ang boyfriend ko at sadyang lapitin ng girls.. Hahahahaha! I'm so lucky.. not because they envy me, kundi dahil akin sya..

"Ahh talaga? Hahaha.." natatawang sabi ko at tumango naman sya.

"Kaso bakit ganon?? nakipag-away ba yun??"

"H-Huh??" takang tanong ko.

"Kasi may sugat sya sa lips.." tatangu-tangong sabi nya pa kaya mas nanlaki ang mga mata ko.

Sugat?? Pano naman sya nagkasugat??

Takang naiiwas ko sa kanya ang paningin ko at napaisip lalo..

Bakit sya nagkasugat?? Okay lang kaya sya??

Hindi na kami nagkita kahapon kaya naman hindi ko alam kung anong ginagawa nya.

Pero kagabi ay tumawag naman sya sakin nung gabi at sinabing nakauwi na sya.. Pero hindi nya nabanggit kung saan sya galing..

Pilit kong inalala yung oras ng pagtawag nya kagabi..

Kung hindi ako nagkakamali ay around 9:30pm na yun..

"O sya, dyan ka na muna at don na ako sa friends ko hehehe, nakita lang kita at naalala ko si Dok Randall kaya in-approach kita hehehe! Alam mo namang idol ko yung boylet mo e hehehe.." biglang usal ni Jamie dahilan para bumalik ako sa ulirat.

"A-Ahh sige.. h-hehehe.." pilit ang ngiting sabi ko pa.

Eksaktong pag-alis nya ay syang dating naman ni Keziah na nilingon pa sya at nagtatakang tumingin sakin.

"Hindi ko alam na close pala kayo nun ni Jamie??" takang tanong pa ni Kez at umiling naman ako.

"Not that close.." sagot ko.

"Mmm.. may gusto yan sa boyfriend mo e hahahhaha.."

"Psh.." natatawang singhal ko sa kanya at saka sumeryoso, tumingin naman sya sakin kaya bumuntong-hininga ako. **"N-Nakaduty daw nila si Randall kahapon.."**

"Hahahahah sinabi nya pa yun sayo? As if magseselos ka naman.."

"No, not that.."

"Mmm?"

"M-May sugat daw sa labi si Randall.."

"Ahh talaga? Bakit daw?"

"Yun nga ang ipinagtataka ko e.. Bakit naman kaya may sugat sya? At sa labi pa??"

"Huh!?" gulat ring tanong nya. **"A-Ano yun? Nakipagsuntukan!?"**

"Malamang.." malumanay na sagot ko at saka nag-iisip na napatingin sa kanya. **"Pero kanino at bakit naman sya nakipag-away?"** nag-aalalang tanong ko.

"Tawagan mo kaya sya?" nag-aalala ring tanong ni Kez kaya naman napabuntong-hininga ako.

"K-Kilala mo naman si Randall e, kapag gusto nyang sabihin ay magkukusa yon.. Ngayon, for sure.. hindi nya sinasabi kasi hindi ko pa nakikita at alam nyang hindi ko malalaman.. E kaso nalaman ko, so kapag tinanong ko sya, I'm worried na baka mainis sya or something.."

"Ano ka ba naman, ang tagal tagal nyo ng magboyfriend---wala na yung ganyan ano! You're worried at hindi mo na kailangan ng karapatan para maramdaman yun! Kaya go na, call him.." pagpupush nya sakin at napatingin naman ako ng seryoso sa kanya at saka napaisip.

Sana good mood sya..

Inilabas ko ang cellphone ko at saka idinial ang number nya..

Nakailang ring pa bago nya sagotin yun..

"Hon, sorry I'm busy at the moment.." biglang sagot nya at natigilan naman ako.

"A-Ahh ganon ba??"

"Mmm.. sorry.. Pero bakit napatawag ka??"

"A-Ahh wala.. itatanong ko lang sana kung kumain ka na pero busy ka pala.. s-sige.. mamaya na lang.."

"I'll call you later, bye.." sabi nya at kusang ibinaba ang line.

Napatingin naman ako kay Kez na nag-aabang na ng paliwanag ko.

"B-Busy daw sya.." napapailing na usal ko at saka muling napabuntong-hininga.

"Ano ka ba naman, Dein! Ikaw pa under ni Randall?? Nakakaloka ka.."

"Look.. it's not about sino samin ang under or what okay?? I'm worried, pero nag-aalala ako parati, dahil everytime na tatawagan ko sya feeling ko maaabala ko sya. He's very busy, you know.. and I understand that.."

"Asus.. pinagtakpan mo na naman.. Psh.. bakit nga kaya nagkaganon ang mukha nun? Hindi ba sinabi ni Jamie kung malala'ng sugat or what??"

"Hindi e.."

"Sana tinanong mo.." nakangusong sabi nya at nilingon ko naman ang table nila Jamie at mukhang busy na sila with their foods kaya naman huminga na lang ako ng malalim at tumitig sa table.

Eksaktong dating rin nung waiter at sinerve ang order namin, kaya nagsimula na rn kaming kumain.

"Ay bestfriend, guess what???" biglang excited na tanong ni Kez habang nasa kalagitnaan kami ng pagkain.

"Mmmm?"

"Si Maxwell yiiiieeee!!!" impit ang boses na sabi nya pa habang nakangiwi.

"What about him.... again!?" sarkastikong tanong ko.

"Alam mo ba nung huling duty natin?? Sabi nya don sa staff nurse natin, nagustohan daw nya ang bandaging nung pasyente sa room 2818! Yiiieee!! E *'ako'* lang naman ang nagbandage nun! Hahahahahaha! Kyaaaaaahh!!! Nagustohan daw nya ako! Hahahahaha"

"Seesh.." singhal ko sa kanya! **"Nakakadiri ka.."** nakangiwing pang-aasar ko pa sa kanya at ngumuso naman sya.

"Napakakontrabida mo talaga.."

"Come on, Keziah.. Tigilan mo na nga yang one-sided love mo.."

"I can't believe you just said that in front of my face, Dein!" nakangusong sabi nya pa at siniringan ko naman sya.

"I just don't understand kung anong nakita mo don sa hambog na yun!" inis na sabi ko pa.

"At hindi ko rin maintindihan kung bakit ganyan na lang ang galit mo sa kanya---eh wala naman syang ginagawang masama sayo, duh!?"

"Well.. I have no reasons, I just hate him.. Nararamdaman kong ayaw ko sa kanya kaya posible 'tong ganitong feeling okay!?" sarkastikong sagot ko pa sa kanya.

"Psh! Porket hindi sila close ni Randall hindi mo na rin sya gusto? You're unbelievable.. and weird.."

"Ugh! Weird?! Hello!? Keziah!? Buksan mo nga yang isip mo!"

"W-What!? He's nice, okay!? He's cool.. smart and intelligent, handsome.. h-hot.." kinikilig pang sabi nya na animong iniimagine si Maxwell sa harap nya.

"Yeah right.. he's also silent and makes you feel uneasy.. He's everything!" sarkastiko ulit na sagot ko.

"H-He's just busy doing his stuff you know.." nakanguso pang sabi nya.

"Yeah right! Kaya nga ang hirap nyang iapproach e! Psh! Sa dami ng Medical Schools bakit ba dito nya pa naisipang mag-aral! Andami dami dyang mas kilala---mas magaganda! Pinapasukan ng mga kilalang tao---bakit dito pa?!"

"U-Ugh!!! What's wrong with you Dein? You're so mean!" nakangiwing singhal nya pa!

"Nyeh nyeh nyeh.." pang-aasar ko sa kanya at saka nagtuloy sa pagkain.

Nung matapos kaming kumain ay bumalik kami sa klase at muling nagfocus..

DISCUSS.

BREAK.

DISCUSS.

"Okay that's all for today, class.. You may go.." sabi nung prof at saka lumabas ng room.

"Grabe naman, andami nya namang iniwang assignments.. Nakakaloka.." inis na bulong ko kay Kez habang inaayos ang gamit ko't hinihintay nya ako.

"May one week ka naman bago ipasa yan! Andami mong reklamo recently.." natatawng sagot nya.

"Kahit pa di ba? Andami pa naman nating case study, may oral revalida pa.. God! Ngayon pa lang napapagod nako.."

"Wag kang mastress, ano ka ba! Nasisira ang beauty mo.."

"Hindi ko naman na kailangang magpaganda dahil masyado nakong maganda sa paningin ni Randall hahahaha!" pang-iinggit ko sa kanya.

Nung maayos ko na lahat ng gamit ko ay saka kami lumabas ng room pero..

"Anong meron?" takang tanong ko pa nung nagkalat ang nakatambay na babae sa labas, makalampas ng room namin.

Lilinga linga kami ni Keziah sa harapan nung mga babae pero masyado silang marami..

"Ahh excuse me?? Anong meron??" tanong pa ni Keziah don sa isang babae.

"Kyaaaaah! Magrerevalida si Maxwell.."

Gulat kaming nagkatinginan ni Kez at saka sumilip sa room.

Nakita namin ang isang babae'ng student sa harap habang tinatanong at walang masagot..

"G-Ganyan ba ang revalida??" napapalunok na tanong ko pa kay Kez.

"Mmm.. huhuhu kinakabahan ako para satin next week.."

"A-At may mga panel talaga?!" mas kabadong tanong ko pa.

"Mmm.. huhuhuhuhu.. Pero bakit ganon?! Mas excited akong panoorin si Maxwell hahahahaha!!!"

Hindi ko na sya pinansin at muling tumingin doon sa room nila Maxwell.

Napatungo yung babae at halatang kinakabahan sya..

She looks hopeless.. Tsk.. sana wag naman akong magkaganyan..

Feeling ko tuloy ay kasama ako sa mga magrerevalida na.

ORAL REVALIDA/REVALIDA: This is a form of test taking how well you learned and understood the topics taught in front of your professor/s or one on one, depending on what course you're taking up.

Yung katotohanang may revalida kami every semester ay mas kinakabahan ako! Lalo na ngayon at first time ko!

Come on, Dein! Kaya mo yan! Ikaw pa!

"Kyaaaaaaa! Si Maxwell na!!!!!"

"Waaaaaaaa!"

"Gooooo Maxwell!"

We support you, Maxwell!"

"Oppa! Hwaiting!"

Gulat akong napatingin kay Kez nung bigla nya akong hilahin papunta sa harapan!

Pero mas nagulat ako nung pagtingin ko kay Maxwell ay nakatingin na sya sakin!

Agad kong inayos ang sarili ko at pinakitang wala akong pakialam sa kanya!

"Yiiieee ang gwapo nya.." bulong pa sakin ni Kez pero hindi ko na sya pinansin.

Pinanood ko na lang ang ginagawa ni Maxwell.

Bumunot sya sa maliit na box na nasa harapan ni Mr. Caballero at saka iniabot ito sa kanya.

"Pleural Effusion.." sabi pa ni Mr. Caballero at nagkatinginan pa kami ni Kez bago muling napatingin kay Maxwell!

Napapalunok pa ako habang pinapanood syang magsalita..

"Pleural Effusion is excess fluid that accumulates between the two pleural layers, the fluid-filled space that surrounds the lungs.. Excessive amounts of such fluid can impair breathing by limiting the expansion of the lungs during ventilation.." malumanay munit derederetsong sabi ni Maxwell dahilan para pareho kaming mapanganga ni Kez habang nakikinig at pinapanood sya.

At habang tumatagal ay kitang kita sa mukha ni Mr. Caballero---ANG PINAKATERROR NA PROFESSOR SA COLLEGE OF MEDICINE, ang pagkamangha at pagkabilib! Kahit pa hindi sya ngumingiti kay Maxwell na seryoso rin ay makikita mo sa mga mata nya na satisfied na satisfied sya sa bawat buka ng bibig ni Maxwell!

"Pleural effusion is usually diagnosed on the basis of medical history and physical exam, and confirmed by chest x-ray.. Once accumulated fluid is more than 300 ml, there are usually detectable clinical signs in the patient, such as decreased movement of the chest on the affected side, stony dullness to percussion over the fluid, diminished breath sounds on the affected side, decreased vocal resonance and fremitus.. though this is an inconsistent and unreliable sign, and pleural friction rub. Above the effusion, where the lung is compressed, there may be bronchial breathing and egophony.. In large effusion there may be tracheal deviation away from the effusion.."

"Kyaaaaaahh!!!"

"Sheryl! Anggaling galing nya grabe.."

"Lalo ata akong naiinlove sa kanya, Carolina!"

"Promise ako rin, Jessa!"

"Huhuhuhu.. Lee Anne, sana tayo rin ganyan.."

"Ang swerte naman ng magiging girlfriend ni Maxwell, noh Jhackie??"

"Sinabi mo pa, Kaye.."

"Kung ako ang girlfriend nya, Andrea.. Hinding hindi ako magsasawang magpaturo sa kanya.."

Bulungan pa nung mga batchmates naming nanonood rin kay Maxwell..

"Treatment depends on the underlying cause of the pleural effusion.. Therapeutic aspiration may be sufficient; larger effusions may require insertion of an intercostal drain, either pigtail or surgical.. When managing these chest tubes, it is important to make sure the chest tubes do not become occluded or clogged.. A clogged chest tube in the setting of continued production of fluid will result in residual fluid left behind when the chest tube is removed.. This fluid can lead to complications such as hypoxia due to lung collapse from the fluid, or fibrothorax, later, when the space scars down.. Repeated effusions may require chemical, such as talc, bleomycin, tetracycline/doxycycline, or surgical pleurodesis, in which the two pleural surfaces are scarred to each other so that no fluid can accumulate between them.. This is a surgical procedure that involves inserting a chest tube, then either mechanically abrading the pleura or inserting the chemicals to induce a scar. This requires the chest tube to stay in until the fluid drainage stops.. This can take days to weeks and can require prolonged hospitalizations. If the chest tube becomes clogged, fluid will be left behind and the pleurodesis will fail.."

At don ko simulang maramdaman ang matinding paghanga..

CLAP!*CLAP!*CLAP!*CLAP!

Nagpalakpakan ang mga students sa loob at labas ng classroom including Keziah with matching wave pa!

Nananatiling blangko ang expression ng mukha ni Maxwell habang nakatingin kay Mr. Caballero na may chinecheckan pa sa papel nya.

"I'm impressed.. I've learned a lot from you, Mr. Del Valle.." bilib na bilib na usal pa ni Mr. Caballero at saka isinara ang white folder na hawak nya at saka iniabot yun kay Maxwell na agad namang kinuha 'to.

"Thank you, Sir.." pormal na sagot ni Maxwell.

"You may go.." sabi pa ni Mr. Caballero.

Napalunok ako nung muli'ng tumingin sakin si Maxwell bago tuluyang tumalikod at naglakad papunta sa kinauupuan nya kanina..

TUG!DUG!

Hindi ko maintindihan ang isang malakas na pintig na yun sa dibdib ko!

A-Ang galing nya.. grabe..

Ano ba 'tong iniisip ko!? Tsk!

Mabilis akong tumalikod at nagpaumunang maglakad.

"H-Hey! Wait for me!" dinig kong sigaw pa ni Kez pero hindi ko na sya pinansin, hanggang sa sumabay na lang sya sakin. **"Ang KJ mo talaga! Gusto ko pa sana syang makasabay e!"**

"E-Edi hintayin mo sya."

"Psh! Ano ka ba! Magagawa ko ba naman yun mag-isa?!"

"Alangan namang samahan pa kita!? Duh!?" sarkastikong tanong ko sa kanya.

"Hahahahaha sabagay! Baka magkagusto ka pa sa kanya.."

"E-Excuse me!?" inis na tanong ko sa kanya.

"Joke! Hahahahahaha!" sabi nya at saka lumingkis sa braso ko. **"Grabe.. waaaaaaaaa! Huhuhuhuhu! Bawat salitang sinasabi nya---lalo akong naiinlove sa kanya! I told you! He's smart and intelligent! Grabe!"**

"Psh.. you can do that too, you know.."

"I know right?! Hahahahahahaha!"

Nung marating namin ang Parking Lot ay nagpaalaman lang kami at sumakay nako sa kotse ko.

Pagkastart ko ng makina ay nagvibrate ang cellphone ko.

~BRIZK! BRIZK!~

~♥Honey♥ Callng . . . ~

"Hello, Hon!" sagot ko.

"Hi.. sorry kanina ah?? Nasan ka na?"

"I understand, katatapos lang ng klase ko.. Nasa duty ka?"

"Pauwi na rin.. gusto mong magcoffee?"

Yiiieeeee..

"Ililibre mo ba ako?" nangingiting tanong ko pa sa kanya.

"Oo naman.."

"Sige hehehehe.."

"Magkita na lang tayo sa Starbucks dyan sa Mall.."

"Sige.." sabi ko at saka binaba ang line at nagdrive papunta doon.

Since mas malapit ang BIS sa Mall na yun compared sa SIS kaya naman nauna akong makarating don kesa sa kanya. Umorder na ako ng coffee and

bread at saka naghintay sa kanya.

Maya maya lang ay napangiti na ako nung matanaw ko na si Randall na naglalakad papalapit sakin.. Mabilis akong tumayo paglapit nya at saka...

Hahalik na sana ako sa pisngi nya nung mapansin ko ang sugat sa labi nya!

Hindi ko inaasahang ganon yun kalaki!

"What happened to that??" tanong ko na nakaturo pa sa labi nya.

"Wala 'to.." sagot nya at saka kusang humalik sa pisngi ko at naupo. Nanatili naman akong nakatayo at nakatingin sa kanya! **"Hon, wala 'to.. maupo ka na.."** napapabuntong-hininga pang dagdag nya at naupo naman ako!

"Hon, n-nakipag-away ka ba?!" inis munit nag-aalalang tanong ko.

"Oo.."

"Ha?! Kanino!? Bakit?!"

"Hon, I'm tired.. Please let's talk about this next time.." pakiusap nya munit nagmatigas ako!

"No, I wanna know now.. Kanino ka nakipag-away!?"

"Sa isang dating kakilala lang.."

"D-Dating kakilala?! Oh eh bakit nga kayo nag-away!?"

"Nagkainitan lang.."

"Oh my God.." hindi makapaniwalang usal ko pa at napasandal sa upuan ko. **"H-Hon.. hindi ko maintindhan! A-Akala ko ba graduate ka na sa mga ganyang klase ng gulo?!"**

"Dein.. I'm okay.. Nagkainitan lang kami okay?! Don't worry.. mas matindi ang tama nya kesa sakin.."

"So?! I don't care kung sinong mas nakalamang sa inyo---dahil ang sakin ay akala ko tinigilan mo na ang pagpasok sa gulo!"

"Ahh.. kaya magpapabugbog na lang ako!?" halatang inis na tanong nya at napailing naman ako. **"I said I'm okay.. you don't have to worry.."** sabi nya pa at nanahimik naman ako.

Hindi ko pa rin maiwasang hindi mag-alala.. Ang tagal ng panahon nung huli syang pumasok sa gulo, hindi ko akalaing biglang babalik yun ngayon.. at sa isang dating kakilala pa?! Psh! Meron syang hindi sinasabi sakin..

Pinagmasdan ko sya habang umiinom ng coffee nya at bakas naman sa kanyang may mga iniisip sya..

DEIB'S POV

Katatapos ko lang maligo at hindi pa ako nakakapagbihis nung biglang magring ang cellphone ko..

Dali dali akong lumapit don at kinuha yun..

~♥♥♥*Taguro*♥♥♥ *Calling. . . ~*

"Baaabbbeee!!!" nakangiting sagot ko!

Napatingin ako sa orasan at 12:00midnight na.

"May ginagawa ka ba??" parang nagmamadaling tanong nya.

"Wala.. katatapos ko lang maligo.. Late na ako nakaligo kasi andami kong ginawang assigments kanina---"

"Pwede ka bang pumunta dito?!"

"H-Ha?! Bakit?!" gulat na tanong ko at saka nagsimulang mag-alala.

"S-Si Kim.."

"S-Si Kim??" gulat na tanong ko. "Inano ka ni Kim!?" inis na tanong ko.

"Lasing na si Kim.."

"H-Ha?!" gulat at takang tanong ko.

"Lasing na si Kim, kaya kung okay lang sayo.. pumunta ka dito, pakihatid mo sya sa kanila.." seryosong sabi nya pa at napalunok naman ako.

"B-Bakit ako, T-Taguro??" pigil ang inis na tanong ko.

"Sige na.. hihintayin kita dito.. Andaming customers e, hindi ko na sya maaasikaso.."

"Tatawagan ko si Lee para sya ang pumunta---"

"Ikaw na.. mas malapit ka e.."

"Pero malapit lang sa bahay nila si Lee---"

"Ngayon lang ako nakiusap sayo.."

"Tsk.. s-sige.." sabi ko at inis na ibinaba ang line at mabilis na nagbihis!

Bakit kailangang ako pa ang maghatid sa kanya!? Nakapunta nga syang mag-isa don---hindi nya ba kayang umuwi ng mag-isa rin?! Badtrip!

Minadali kong magbihis at nung makababa ako ay agad akong nagpaalam kay Dad and Mom na nanonood pa ng TV sa sala.

"M-Mom.."

"Oh baby?? May lakad ka ba?!" gulat na tanong ni Mommy na napatayo pa at humarap sakin, napabuntong-hininga naman ako at saka wala sa mood na tumingin sa kanya.

"Tinawagan ako ni Taguro para sunduin sa bar si Kim at ihatid sa bahay.." pigil ang inis na paliwanag ko at saka napakamot ng ulo. **"Alis**

muna ako, Mom, Dad.."

"Ingat ha??"

"Yes, Mom.."

"Be careful, anak.." si Dad.

"Thanks Dad.."

Mabilis akong sumakay sa kotse ko at pinaharurot yung papuntang TB.

Pagdating don ay hindi ako nagsayang ng oras at agad kong hinanap si Taguro!

"Asan na?!?" inis na tanong ko pa kay Taguro at isinenyas naman nya sakin si Kim na nakahiga na sa salaming table ng drinking bar nila. Inis na nilapitan ko sya at bahagyang inuga ang braso nya. **"Kim.."** gising ko sa kanya. **"K-Kim.."** pigil ang inis na usal ko pa ulit. **"Kimeniah!"** sigaw ko na at naiangat nya ang paningin nya at mabilis na tumingin sakin!

"D-Deib.." gulat pang usal nya at naiiwas ko pa ang mukha ko sa lakas ng amoy alak na lumabas sa bibig nya!

"Ihahatid na kita.." salubong ang kilay na sabi ko pa sa kanya.

"H-Ha?? F-For real??"

"Yes.." mabilis na sagot ko at parang nagliwanag naman ang mukha nya! Sumulyap sya kay Taguro at tinignan 'to na parang nagmamalaki. **"Sya ang tumawag sakin at nakiusap na ihatid ka kaya ko gagawin 'to.."** madiing sabi ko pa at nagulat naman sya. **"Bilisan mo.."** sabi ko pa saka naunang lumabas sa kanya.

"D-Deib! Wait for me!" dinig kong sigaw pa ni Kim pero hindi ko na sya inantay pa, lumapit agad ako sa kotse ko at binuksan ang passenger's seat at saka sumakay at in-start ang kotse ko. Pinagmasdan ko sya habang papalapit sa kotse ko, napahinto pa sya nung makitang bukas na ang pinto ng passenger's at animong nanghihinayang pa dahil hindi ko na inalalayang makasakay pa sya. **"T-Thanks for c-coming.. I-I'm happy to know that you still care for me.."** malumanay pang sabi nya kaya naman inis akong nilingon sya.

"Hindi mo narinig ang sinabi ko kanina?" walang emosyong tanong ko sa kanya. **"Tinawagan lang ako ng girlfriend ko para pumunta dito at ihatid ka pauwi.."**

"D-Dumating ka pa rin for me.. and for me that's enough proof na talagang may care ka pa para sakin, Deib.."

Hindi ko na sya sinagot pa at mabilis na pinatakbo ko na lang ang kotse ko at ilang saglit pa ay nasa harap na agad kami ng bahay nila.

"P-Pumasok ka muna.." yaya nya.

"Hindi na.."

"Would you like to have a coffee---"

"Mas kailangan mo yun.."

"D-Deib.." nagpapaawang usal nya pa pero hindi ko na sya pinansin, mabilis na bumaba ako ng kotse ko at binuksan ang pinto ng passenger's seat.

"Goodnight.." sabi ko pa habang nakatingin sa kanya at nalungkot naman ang mukha nya. Dahan dahan syang bumaba ng kotse ko at nung makaakyat sya sa pathway ay mabilis kong isinara ang pinto at sumakay saka mabilis na pinaharurot ang kotse ko pabalik ng TB!

Hindi ko maipaliwanag ang inis na nararamdaman ko!

Pagdating doon ay nag-uuwian na ang ibang tao at mahina na rin ang kaninang malakas na sounds sa loob ng bar.

Dumeretso ako sa kitchen nung ituro ni Parrot kung nasan si Taguro. At saka ko inis na pinagmasdan sya sa ginagawa nya! Munit bahagyang nawala ang inis ko nung makita kong pagod na pagod na ang katawan nya, napabuntong-hininga ako munit ramdam kong may inis pa rin sa loob loob ko. Pinagmasdan ko ang kabuuan nya.. Nakasuot sya ng pulang apron at nakagloves habang nagpipiga sa balde ng mop at saka inilalampaso yun sa sahig ng kabuuan ng kitchen. Nakasanayan ko ng mabagal at dahan dahan sya kung kumilos pero ngayon ay mas mabagal pa sa nakasanayan ang mga kilos nya at kung titignan mo ang mukha nya, masasabi mong pagod na pagod na talaga sya..

Hindi ko inaasahang ganito kabigat ang trabaho nya dito.. Tsk! Bakit ba kasi nagtratrabaho pa kung pwede namang magpatulong na lang sya sa family nya!? Masyado mong ginagawang kumplikado ang buhay mo!

Naramdaman nya sigurong may nakatingin sa kanya kaya naman nilingon nya ako.. Hindi na ako nagulat dahil naniniwala naman ako sa sinasabi nyang malakas ang pakiramdam nya.. Ramdam kong salubong ang kilay ko habang nakatingin sa kanya, dahan dahan akong naglakad papalapit sa kanya.

"Bakti ako ang tinawagan mo?!" inis na tanong ko sa kanya at malakas na buntong-hininga naman agad ang isinagot nya, naglakad sya papalapit sa isang upuan don at saka binuhat yun papalapit sakin. **"Sabihin mo sakin kung bakit ako ang tinawagan mo!? Hindi ba dapat ay si Lee?! Kasi sya yung pinsan!"**

"Ano bang nangyayari sayo?" animong inosenteng tanong nya dahilan para mapasinghal ako at kunwaring natawa sa tanong nya.

"Nababadtrip ako sayo---dahil talagang tinawagan mo pa ako para lang sunduin dito si Kim at ihatid sa bahay nila!?"

"Oh e ano naman ngayon?" blangko ang emosyong tanong nya pa kaya mas nainis ako!

"E ano naman ngayon?! Alam mo kung ano kami ni Kim noon at ngayon tapos e ano ngayon?! Tch! Tulad nyan---kanina, akala nya ay *'kusa'* akong pumunta dito para sa kanya!"

"E hindi ba't sya naman talaga ang ipinunta mo?" inosenteng tanong nya pa!

Nababaliw ka na ba?!

"A-Anong *'sya'*?!!?! Taguro---pinapunta mo ko dito para ihatid sya sa kanila dahil lasing sya---"

"Kaya nga.. Sya ang ipinunta mo---"

"Dahil pinapunta mo ko!!!" sigaw ko sa kanya!

"Oo nga.. pero sya pa rin dahilan kaya kita pinapunta dito.. may point naman sya.."

"A-Ano?!" pigil ang inis na tanong ko! **"Hindi ako pupunta dito kung hindi mo ko pinakiusapan! Hindi ako pupunta dito para ihatid si Kim kung hindi ikaw ang tumawag! Kung ibang tao yung tumawag sakin ay hindi ko pagbibigyan! Pero dahil ikaw ang tumawag at nakiusap sakin ay pumayag ako!"**

"E bakit ba nagagalit ka??" salubong ang kilay na tanong nya at hindi makapaniwalang napapikit naman ako sa inis!

"Sinong hindi magagalit!? Alam mo naman kung ano kami ni Kim noon di ba?! Alam mo ring naghahabol sya sakin ngayon! Bakit kailangang ako pa ang tawagan mo para ihatid sya?! Sana bago mo ko naisip ay si Lee muna ang naisip mo! Alam mo namang ayaw na ayaw ko ng makasama yung Kim na yon!"

"Nagawa mo ngang sumabay maglunch sa kanya nung interhigh e.. Anong masama sa paghatid mo sa kanya ngayon?" takang tanong nya at napasinghal naman ako sa tagiliran ko dahil hindi ako makapaniwala sa mga pinagsasasabi nya!

"W-What!?" pigil ang inis na tanong ko!

"Okay lang naman kasi yun.."

"Sakin hinde!"

"Naihatid mo nga di ba?"

"Oo pero masama ang loob ko sa ginawa ko!"

"Edi sana hindi ka na pumunta.."

Mas nakaramdam ako ng matinding inis at hindi ko maipaliwanag ang mararamdaman ko!

Hindi tugma ang sinasabi nya sa lahat ng pumasok sa utak ko!

Nababadtrip ako pero pinipigilan kong magalit sa kanya!

"M-Maxpein, ikaw ang girlfriend ko---at hindi ko akalaing ikaw pa mismo ang gagawa ng dahilan para magkasama kami ni Kim!"

"Tss.. hindi kita maintindhian.. Simpleng hatid lang nagkakaganyan ka na.."

Inis akong tinignan sya munit tinalikuran nya na ako at saka pinagpatuloy ang ginagawa nya!

Hindi ko maintindihan kung ako ba talaga ang mali ang pang-intindi o sya! Badtrip!

"U-Uuwi nako!" inis na paalam ko sa kanya!

"Ingat.." sabi nya na hindi man lang ako nilingon kaya naman inis akong naglakad palabas ng Bar na yun!

OceanofPDF.com

CHAPTER 132

AUTHOR'S NOTE:

MAX'S POV

MONDAY Morning. 6:00am.

Hindi ako masyadong nakatulog kaya naman nung mag-alarm ang orasan ko ay pakiramdam ko nakapikit lang ako magdamag at hindi naman natulog..

Agad akong bumangon at naligo..

Ramdam na ramdam ko ang bigat ng ulo ko!

Binuksan ko ang shower at hinayaan ko lang na dumaloy ng dumaloy sa mukha ko ang tubig..

~FLASHBACK~

"Kim.. let's go na--*hik!*.." si Ayii na pilit hinihila si Kim mula sa bar na kasalukuyang nakikipagkulitan kay Rem.

"A-Ano ka ba, just wait---Rem.. D-Do you want some m-more??" nakangiting tanong ni Kim kay Rem.

"Bahala ka na dyan! M-Mauuna na kami---*hik!*!" si Ayii.

"Goooooo!!! Hahahahahahahahahaha!!!"

"You're drunk.." nakangiti munit seryosong sabi pa ni Rem kay Kim.

"No, I'm not--*hik!*! Hahhahahaha!!!!"

"I think you should go home too.." sagot pa ni Rem at nakinig lang ako sa kanila.

"Wala palang pakialam ah??" bulong pa ni Beka at nilingon ko naman sya. **"E bakit parang bantay sarado mo ang hitad na yan?? Lola mo hindi pa umuwi, jusmeh.. Hanggang dine amoy ko alak na nagmumula pa ata sa bituka nya, ano ba yan!"**

"Kilala ko kasi sya.."

"So?? Kung ganyan naman ang attitude?! Hay! Kung ako yan!? Kibeerrr!! Kesehodang humandusay sya dyan---lalampasuhin ko pa sya!" mataray pang sabi ni Beka at hindi ko naman na sya pinansin.

Nakinig ulit ako kila Kim at Rem, si Rem na napadaan na nga lang napasama pa sa eksena..

"I like your name.." si Kim, bakas na bakas na sa pananalita nyang lasing na talaga sya. **"Rembrandt.. Hmmm **hik!** I wanna know.. P-Painter ka rin ba? Hahahahaha!"**

Napapailag pa si Rem sa malikot na hampas ng kamay ni Kim sa ere habang umaalalay rin sa kanya dahil lasing na talaga sya at si Rem naman ay mukhang matino pa rin. Sinasadya ko silang panoorin.

"I'm a Law student.." sagot pa ni Rem sa kanya at nanlaki naman ang mga mata ni Kim.

"For real?!"

"Yes.."

"Wooooooaaahhhh---hik!**! How old are you?!"**

"I'm 23.."

"Do you have a girlfriend??"

"Yes.."

"Ooooohhhh.." parang nalungkot pang sabi ni Kim sa kanya.

Natawa pa ng bahagya si Rem sa iniasta nya.

"She just broke up with me..."

Gulat akong napatingin kay Rem na nilingon pa ako at ngumiti!

Mabilis ko namang iniiwas sa kanya ang paningin ko.

"R-Really??" si Kim na bakas ang awa sa mukha at saka bahagyang lumapit pa sa kanya habang nakapatong ang siko sa bar at nakapatong don ang ulo nya at deretsong nakatingin kay Rem. **"So... **hik!**! I guess we're both h-heartbroken.."** malungkot na usal ni Kim at natigilan naman si Rem at napatingin ng seryoso sa kanya. **"I-I'm sorry to hear that.."**

"It's okay.. you don't have to be sorry.."

"W-Would you mind telling me what h-happened??" malungkot na tanong ni Kim sa kanya at seryoso namang napatingin si Rem sa kanya munit bakas ang pagkagulat sa mukha nya.

"Table 29.. 15.. 12.. 10.. 22.. Punyeta! Haggard nako't lahat---maganda pa rin 'to?!" si Naih habang nakaturo kay Kim. **"Anong make-up ba gamit nyan?! Tsk! Bilis bilis!"** sabi pa ni Naih at saka ako lumapit sa kanya at kinuha yung mga listahan. **"Yung Table 10 ay humihingi ng tatlong ash tray! King ina hindi pa kumuha ng VIP Room, umeksena pa ng dikit dikitan ng table! Imbyerna!"** singhal nya pa at saka padaklot na kinuha yung mga yelo'ng inabot ko at umalis.

Hindi ko naman na nagawang pakinggan yung kwentuhan nung dalawa dahil inasikaso namin ni Beka yung orders nung limang table na dinala ni

Naih.

At nung matapos ako..

Gulat akong makita si Kim na humahandusay na sa lapag at nag-uumiyak!

"Ayyy.. anong nangyari sa lola mo!?" si Beka na pumatong pa sa bar at sumilip kay Kim sa sahig! **"Uy teh! Masyado kang maganda para maging basahan dyan! Don ka sa dance floor gumawa ng eksena!"**

Inis akong lumabas ng drinking bar at lumapit sa kanya!

ANG BAR PO NA TINUTUKOY KO PAULIT-ULIT AY YUNG MISMONG "DRINKING BAR". YUNG PASEMANO'NG MAHABA AT MAY MGA UPUAN SA HARAP? TAPOS MGA BARISTA ANG HAHARAP SAYO. BAKA KASI MAISIP NUNG IBA AY EKSENA KO LABAS LABASAN SA MISMONG THE BARB BAR. MAKAPAG-EXPLAIN MAN LANG SA KALAGITNAAN.. BAKEEEETT?? BAWAL MAG-EXPLAIN?! d--,b THANK YOU!*

"Kim.." usal ko pa habang inaalog-alog sya!

Mukhang tanga'ng nagtatatawa si Kim habang nakahiga sa sahig at nakahawak pa sa tiyan nya at itinuro ako!

"Rembrandt the Lawyer! Look who's here?! Hahhahahik!**! Sya lang naman yung dahilan kung bakit heartbroken ako ngayon hahahhahah**hik!**!"**

"Tumayo ka na dyan.." malumanay na utos ko pa sa kanya!

"A-Ano ka ba---bitiwan mo nga ako! D-Don't touch me!" sigaw nya na naupo at dinuro ang mukha ko! **"Don't you dare touch me!"** banta nya pa at saka tumayo at yumapos sa balikat ni Rem na ikinagitla naman nito.

"K-Kim, you're drunk.." si Rem.

"I'm not, okay?! Hahahahahahahahaha! L-Look at her.." turo pa sakin ni Kim. "**K-Kahit anong paliwanag ang gawin ko sa sarili ko---hahahahah**hik**! Hindi ko malaman kung anong nagustohan ni Deib dyan sa babae'ng yan hahahaaha!"**

"K-Kim.. I think you should go ho---"

"Wait... nagkukwento pa ako hahhaha! You know what happened next?? This guy told me.. that *'he's into her'*.." sabi ni Kim na nakaturo pa sakin**. "Very funny! Do you see her as a girl?! Hahahahahahahaha!!! I don't!"** malakas na tawa ni Kim at saka sumeryoso at sumama ang tingin sakin. **"No matter what you do to me---you're still a trash.."**

"I'll take you home.."

Gulat akong napalingon kay Rem sa sinabi nyang yun.

"A-Ahh.." singit ko sa kanya. **"A-Ako na lang.."**

"W-What?!" gulat na tanong ni Kim! **"At saan mo ko isasakay?! Sa motor mo?! Hahahahahahaha! You gotta be kidding me?!"** sarkastikong tanong nya pa. **"Of course you can take me home---"**

"No.." pigil ko sa kanya.

"A-Ano bang problema mo!? At sino ka para pigilan ako?!" galit na tanong nya sakin at hindi ko naman sya sinagot. Tumingin ako kay Rembrandt at ipinakita ko sa mga mata kong humihingi ako ng pasensya sa kanya.

"S-Sige na, Kim.. Just go home, you're drunk.. It's not safe for you to stay around like that.." si Rem.

"Hindi ako magpapahatid sa babae'ng **hik! yan!!!! M-Magtataxi na lang ako---"**

"Tatawagan ko si Lee.." singit ni Naih.

"At sino ka naman para mangialam!!!!"

~BLAGG!!!~

Gulat kaming napatingin nung astang hahampasin ni Kim si Naih ay nakailag ito at natamaan nya ang mga bote ng beer na ininom ni Rem kanina! Mabuti na lang at masyadong maingay sa buo'ng bar dahil sa sounds at wala masyadong nakapansin sa ingay namin.

"Hooy disaster!!! Wag ka ngang mag-inarte dito?! Inaabala mo ang hanap-buhay namin, alam mo ba yun?! Bakit nyo ba pinapakialaman nyo pa yan?!" sigaw ni Naih sa kanya! **"Umuwi ka na! Iinom-inom ka tapos magwawala ka?!"**

"H-Huh?! D-Dis---what?!" galit na tanong ni Kim kay Naih!

"Hoy Kimeniah Sirvey Gozon---wag mo ko'ng artehan dahil pagod ako! Baka gusto mong ipunin ko lahat ng pawis ko't yoooon ang ipainom ko sa sayo!" sigaw ni Naih sa mukha nya!

"W-What?! E-Excuse me!? Eeeww!!!!!"

"Leche! Wag mo kong ma-eww eww dyan! Baka mas mayaman pa ako sayo!?

"A-Ahh-huh??? Hahahahaha! Ambitious!"

"Hindi ka ba nahihiya sa mga iniaasta mo!? Maraming estudyante dito mula sa iba't ibang school! Hindi ka ba nag-aalala sa image mo?!"

"E anong pakialam mo!?"

"E anong pakialam ko?! Nakakatawa lang na ayaw man kitang pakialaman e nag-aalala pa rin ako sayo! Kami! Kasi ganyan kami mag-alaga ng customers dito! Kaya habang nakakasigaw ka pa ng ayos e umuwi ka na!"

"Wala kang pakialam! Uuwi ako kung kailan ko gusto! Gusto ko pang uminom!!!" sigaw ni Kim na mabilis na hinablot ang beer at..

GLOG!*GLOG!*GLOG!*GLOG!*GLOG!

TINUNGGA ITO.

~PLAK!~

Mabilis na inagaw ni Naih ang bote at natapon pa ang iba sa bibig ni Kim!

"Ano ka ba?! Hindi ka ba talaga mapakiusapan ha?!" sigaw ni Naih sa kanya! **"Lasing ka na---kaya wag ka ng magpakalasing pa!"**

"Wag mo sabi akong pakialaman e!!" sigaw rin ni Kim sa kanya!

"Bakit ba ngayon ka lang nagkakaganyan---kung kelan ilang linggo na ang nakakaraan, ha?! Ha?? Papansin ka e!" sigaw ni Naih at saka pilit syang iniupo!

"Don't touch me!"

"Stoooop meeee!!!!!" sigaw ni Naih sa mismong mukha nya at saka inilabas ang cellphone nya! **"Tatawagan ko si Lee----"**

"Waaaag!!!!" sigaw ni Kim sa kanya na itinutok pa ang bote sa mukha nya! **"Subukan mo! Sigeeeee! Subukan mo!!!!"**

Mabilis akong lumapit at inagaw yun! At.....

~PAK!!!~

SINAMPAL KO SYA!

Gulat syang napatingin sakin sa lakas ng pagkakasampal ko sa kanya! Galit nyang hinawakan ang pisngi nya at tumingin sakin munit hindi sya nakapagsalita! Kahit malakas ang sounds ay parang tumahimik ang paligid.

"Ano ka ba, ha?!" inis na talagang singhal ko sa kanya. **"Tinatawag mo kaming basura---ano sa tingin mo ang tingin namin sayo ngayon?! Nang mga nakakakita sayo dito?! Para kang baliw! Pinakikiusapan ka ng maayos---ayaw mo pang umayos!"** sigaw ko at hindi sya nakasagot sakin! **"Tigilan mo ng uminom---dahil lasing ka na! Tatawagan si Lee---para maihatid ka! Ano bang mahirap intindihin dyan?! Ha?!"**

"Naka-off yung cellphone ni Lee, Max.." nakasimangot na sabi ni Naih at napatingin naman ako sa relos ko. "Late na, baka tulog na yun.."

"Tatawagan ko si Deib---"

"T-Talaga?!" pigil sakin ni Kim na humawak pa sa braso ko nung sabihin ko yun.

Inis akong tinignan sya at pahablot kong kinuha ang braso ko!

"Wag mo kong hahawakan kung ayaw mong masaktan.." banta ko sa kanya at saka tinalikuran sya at tinawagan si Sensui..

~END OF FLASHBACK~

Naiinis pa rin ako hanggang ngayon kapag sumasagi sa isip ko yung inasal ni Sensui sa harap ko ng dahil sa nangyaring yan..

Walang text.. Walang tawag.. Ganon ba talaga sya magalit? Tss..

HIndi ko maintindihan pero ang bigat ng pakiramdam ko..

Tinatamad akong kumilos at wala ako sa mood..

Hindi ko malaman kung sino ba'ng may kasalanan.. O kung lahat man kami ay may kasalanan, anu-ano ang akin?? Tsk..

Nananatiling dumaloy ang tubig mula sa mukha ko papunta sa katawan ko habang nakatutok ako sa shower.. Sa ganoong posisyon ay parang nahihimasmasan ang katawan ko.

Napabuntong-hininga ako sa mga isiping yun at saka ako nagsimulang maligo..

At nung matapos ako ay agad rin akong bumaba..

Now Playing: All I want is your Love by INOJ

♫ ♪ 'I don't want no ball & chain to hang on me... And I don't need no ties.. Don't want your wedding ring.. I'm lookin for a guy who's fly & cares bout feelings.. See I've already got a friend.. Now you're lookin for a new beginning.. All I want is your love.. And you gave it to me (gave it to me... all I...) All I want is your love... And you gave it to me (gave it to me... all I...)' ♪ ♫

"Yun oh! Matutuwa ka sa breakfast natin, Max!!! Huwaaaaw lang! Huwaaaww!!" masayang bati sakin ni Naih nung makarating ako sa mismong sala, kinuha ko ang kaha ng sigarilyo at nung makitang wala na yung laman ay agad ko ring ibinato pabalik sa mesa. Tumingin sakin si Naih kaya naman isinensyas ko sa kanya ang pagkuha ko sa kaha ng sigarilyo nya. **"M-Mamaya na yan, kain muna tayo! Tuyo, dilis at itlog ang ulam hehehe! Andaming kamatis oh----sige y-yosi ka muna.."** bigla syang nailang nung hindi ko sya pansinin at magtuloy ako sa paghithit nito.

Naupo ako sa isa sa mga sofa at saka ko ipinatong sa table ang dalawa kong paa.

"Nakakaloka ka teh, nakapalda ka na't lahat more taas ka pa ng paa mo!" sita sakin ni Beka, pero tinignan ko lang rin sya at saka nagtuloy sa ginagawa ko.

"Oh?? Ngayon alam nyo na kung anong pakiramdam ng madeadma?! Wag na lang kasing kuda ng kuda mga bakla.." dinig kong bulong naman ni Boy sa kanila.

Tumingin ako sa labas ng bahay at saka nag-isip.

Ganon ba talaga katindi ang naging galit nya? Tss.. Ano bang masama don sa pinagawa ko sa kanya? Nagawa nya ngang ihatid e.. Tss.. Edi kung ayaw nya e pwede namang hindi na sya pumunta! At least yun, maiintindihan ko pa kung bakit sya nagalit.. pero yung ngayon?? Tss.. nagalit sya kung kelan naihatid nya na.. Ang talitalino mo talaga Sensui..

"Oh, Max! Tara, kain na.." yaya pa sakin ni Yaz.

Hindi ko pa rin sya pinansin at tinapos ko pa ang paninigarilyo ko at saka ako tumayo at sumabay sa kanila.

♪ ♫ **"Hold me now.. I really want to tell you I'm sorry.. I could never let you gooooo ooohhhh.. After all that we've been through.. I will make it up to you--ooohhh.. I promise you.. And afteeeer all that's been said and done.. yoooouu're just a part of me I can't let gooooo hooooo! Nooo hoooooo!!!"** ♫ ♪ kanta pa ni Boy habang nagsasalin ako ng kanin sa plato ko.

"Ang aga aga bakla naman!" sita ni Boy sa kanya.

"Hindi ko alam na mahilig ka pala sa *'ganito'ng'* klase ng foods, Zarnaih??" nakangiwing sabat ni Yaz at tinaasan naman sya ng kilay ni Naih.

"Anong *'ganito'ng'* klase ng pagkain?!" taas-kilay na tanong ni Naih sa kanya.

"Yung g-ganito?! C-Cheap.."

"C-Ch-Cheap??? Cheaaaaapp??? Hoy! Baka *'sea-foods'* yan!? Wag ka ngang umarte! Mayaman sa asin ang mga yan!"

"Whatever, Zarnaih.."

"Ang arte mo, kung makakain ka naman ng dangget.. Tse!"

Nagtuloy lang ako sa pagkain habang sila ay ganon rin..

NAIH'S POV

Nakalipas ang Byernes, Sabado at Linggo.. Mas lalong walang imik si Maxpein..

Konti kumain..

Walang kibo..

Hindi makausap ng matino..

At parating salubong ang kilay..

Alam kong nag-away sila ni Deib, pero hindi ko naman inaasahang magiging ganyan ang epekto..

Gayunpaman..

Kung ganon ang naging epekto sa kanya nung nangyari.. Bwaahahaahahahaha!!!! Patay na patay na siguro sya kay Sensui! Nyahahahaha!!! King ina ka! Nasapul ka rin kupido! Mmm! Ano ka ngayon ha!?? Haha!!!

Kaharap ko sya ngayon ay sabay sabay kaming kumakain nila Ate, Beka at Boy ng agahan.. Lunes na naman kasi kaya makikita ko na naman ang pesteng Chupan!!!

"Pansin ko Max, parati kang wala sa mood ngayon?? May bisita ka?? Hahaha!" si Ate.

"Mmm.. kaya wag mo ng dagdagan at baka maiitsa ka nyan palabas.." nakangiwing sagot ko sa kanya.

"Sanay naman akong tahimik si Pein pero iba yung ngayon e.. tsk! Weird.." dagdag pa ni Ate pero sabay sabay kaming napalingon kay Max nung bigla syang tumayo at binitbit ang plato at baso nya papunta sa kusina..

"T-Tapos ka na ba?!" pasigaw na tanong pa ni Ate sa kanya habang tumitingin samin isa-isa na animong nakikiramdam pa, pero hindi sya sinagot ni Max at parepareho nalang naming napalingon nung muli syang lumabas mula sa kusina at pinanood sya na maglakad paakyat sa kwarto nya..

Hala.. Grabe!

"I-Ikaw kasi e! Tinanong mo pa!" inis na sabi ko kay Ate!

"A-Ano bang masama sa tanong ko?!" inis na tanong rin sakin ni Ate!

"Kasi obvious naman---tinanong mo pa! Wala ka bang pakiramdam?! Tsk! Lalo tuloy nawala sa mood!"

"Lola mo naman kasi.. wirdo na nga, mas nagpapakawirdo pa!" si Boy.

"Ano ba'ng nangyari?? Yun pa rin bang eksena nung Friday??" si Beka.

"Malamang.." nakangusong sagot ko.

"Hala grabe.. ganyan pala ang Maxpein kapag in love.." takang sabi ni Beka at napangiti naman ako ng bongga.

"In love na nga sya.." nakangiting dagdag ko pa habang iniimagine silang dalawa ni Deib na masaya. Hindi ko maiwasang kiligin!

"Ano bang nangyari don?!" takang tanong ni Ate habang nakaturo pa sa likuran nya.

"L.Q. with jowa nga.." sabat ni Boy.

"Nag-away sila ni Deib.." nakangiwing sabat ko. **"Engkasi naman.. ang punyetang dalahirang dating nililigawan ni Deib, pumunta don sa TB nung byernes ng gabi at nag-iinom don! Aba nung malasing e kanya kanya na?! Hindi man lang isinama pauwi ng mga kaibigan nya yung si Kim! At ang Kim naman e naghumalundusay pa doon mismo sa TB!"**

"Ha?! Talaga?!" namamangha pang tanong ni Ate at tumango naman ako.

"Nagpapilit pang umuwi si gaga.." si Beka.

"Sinong Kim naman ba yan?!" si Ate.

"Oo nga teh, siney ba ang Kim na yan?!" si Boy. **"I mean, anong eksena nya sa buhay nyo? Bakit ganon ang trip nya? My God ah.."**

"Sya yung dating nililigawan ni Deib, bago si Max.." sagot ko at napatango silang lahat.

"Oh e ano ngang ginawa nya?" si Ate.

"Ayun nga! Inum-inuman sa TB at nag-umeksena! Nung una more utos sya kay Max!" sagot ko!

"Ayy oo teh, ilang beses nagpabalik balik ang Maxpein sa VVIP room dahil pindut-pindutan ang sa buzzer ang Kim, etong Max naman sige ng punta doon.. Makapindot ang Lola mo akala mo may emergency! Ang pagpindot sa buzzer ay ginawang hobby, kaloka.." si Beka.

"Nag-inuman sila nung mga barkada nya at si Max ang kinuha nilang server don sa VVIP room na kinuha nila, nasaktuhan namang blockbuster ang TB at dinagsa ng mga customers nung gabing yun! Kaya ending, best actress ang Kim doon, lasing na kasi sya kaya naman pinapauwi na namin kasi nga iniwan sya mag-isa nung mga lasing na ring kaibigan nya.. E kaso, nagwala! Kesyo hindi pa daw sya lasing! Aba---nakakaloka sya ah! Ambaan ba naman ako ng bote sa mukha?!" nanlalaki ang mga matang kwento ko pa kay Ate!

"Aba! Siraulo yun ah! Anong ginawa mo!?" si Ate.

"Psh! Kung ako lang ang masusunod e ibinusal ko sa bibig nun ang bote! Biruin mong agawin ang bote ang tunggain!? Awww! Yung seksi'ng yun ng suot nya at paingles ingles nya maya't maya sa tabe?! Tutungga ng bote ng alak?! Tapos kung maka-*'eewwww'* sya sakin e ganun ganun na lang?! Ha! E kaso---umeksena rin ang bida! Paaaaaak!!!! *'Sinampal'* sya ng Maxpein!" maaksyon pang pagkukwento ko! **"More kuha ang Maxpein ng bote at more sigaw sa kanya! Ending??? Tinawagan ng Maxpein ang Deib para ipasundo sya at ihatid sa balaaayy.."**

"Oh e bakit nag-away kamo sila Max at Deib??" si Ate.

"Engkasi nga.. naghimagsik ang Deib Lohr.. Kesyo bakit daw *'sya'* ang tinawagan kung pwedeng yung pinsan na lang ni Kim na kaibigan rin namin ni Max, si Lee?! Yung Boyfriend ko??"

"C-Correction, teh.. I-ma-gi-na-ry boy-friend.. Imaginary boyfriend, teh.." si Beka.

Nginusuan ko na lang sya at saka nagtuloy sa kwento ko!

"Dapat talaga ay ipapasundo ko sya kay Lee dahil magpinsan sila at iilang metro lang naman daw ang layo ng bahay nila.. Kaso bukod sa ayaw ni Kim, eeeeh naka-off ang cellphone ng boyfriend ko!" pagdidiin ko pa kay Beka at saka tumawa. **"Hehehehe.."**

"Kaya si Deib ang tinawagan ni Max?!" si Ate.

"Tumpak!" sabay sabay naming sagot nila Beka at Boy.

"Awww.." nakangusong sagot pa ni Ate na tumingin sa ere at kunwaring nag-isip. **"Kaninong kasalanan??"**

"Tanga ka ba?!" inis na tanong ko sa kanya! **"Malamang---kay Kim!"**

"Brokenhearted lang yun tao.." nakangusong sagot ni Ate.

Gulat kaming napatingin sa kanya at tinaasan ko naman sya ng kilay sa huli!

"Yun na nga e---brokenhearted na nga sya---pinagmumukha nya pang tanga ang sarili nya! Bakit kasi hindi na lang magmove on na lang basta! Sya naman 'tong nanloko! Simula't sapul kasalanan nya na!" inis na sagot ko.

"Eh bakit parang mas galit na galit ka??" nakangiwing tanong sakin ni Ate.

"Dahil ayaw ko sa kanya! Hindi kami magkasundo!"

"Psh.. Kahit hindi mo kasundo yun tao, kapag puso na ang pinag-uusapan Zarnaih, wag mo silang mamaliitin.. Kapag puso ang umiiral, walang tama o mali dyan para sa tao kapag nasasaktan sila.. Kasi hindi mo naman nararamdaman ang sakit na nararamdaman nila kahit pa mali ang nagawa nila.. Tsk tsk.. Boboyfriend boyfriend wala namang alam.." si Ate.

"Ayyyy bet yan ng mga bakla!" sigaw ni Beka! **"Mmm wag mamaliitin.. choz!"**

Tumayo si Ate at saka pumasok sa kusina kaya naman napatingin ako sa mga bakla at saka nagmake face sa kanila.

"May point ang Ate mo.." nakangiwi pang sabi ni Boy sakin at napaisip naman ako.

Psh.. Kahit hindi mo kasundo yun tao, kapag puso na ang pinag-uusapan Zarnaih, wag mo silang mamaliitin.. Kapag puso ang umiiral, walang tama o mali dyan para sa tao kapag nasasaktan sila.. Kasi hindi mo naman nararamdaman ang sakit na nararamdaman nila kahit pa mali ang nagawa nila..

"Kasalanan naman ni Kim yun kung bakit sya nagkaganon.. Psh.." singhal ko pa.

"Oo nga.. kasalanan nya nga.. Hahaha! Pusta ko maski si Kim alam yan.." nakangiwing sabat ni Boy at nginusuan ko naman sya. **"Tama ang Ate mo, tama o mali man yung ginawa nya kaya sya nasaktan, the fact na *'nasasaktan'* pa rin yung tao, deadma na lang tayo.. Kasi kahit ganon yun, masamang damo man sya o hindi, tulad rin yun ng mga tao'ng nasaktan kasi iniwan ng walang dahilan, nasaktan dahil ipinagpalit, nasaktan dahil niloloko.. yun nga lang, mas lamang yung sakit na nararamdaman ni Kim dahil may halong guilt pa yun, dahil ika mo nga, sya ang may kasalanan.. Intindihin na lang.."**

"Ang dami nyong alam.. mga single naman hahahahahaha!" pang-aasar ko sa kanila.

"Kumpara sayo teh, in a relationship nga---in a relationship with hangin naman! Tse! Hahahahahahahah!" si Beka

"H-Hoy!! Bakit ba kasi ayaw nyong maniwalang boyfriend ko si Lee!"

"E sino naman kasi'ng maniniwala sayo---para kang aso'ng ulul twing magkukwento! Makangiti ka naman e kala mo ka bituing kumikinang!"

"Because I'm in love!"

"Ayun na nga, in love ka nga.. e pano naman yung isa?! In love ba?! Hahahahahaha.. Assuming.."

"S-Siraulo ka ah!" nakangusong sigaw ko pa kay Beka!

"E bakit kasi hindi mo ipakilala ng maayos dito, teh?! Nakailang punta na ang Deib dito---ni minsan hindi ko pa nasilayang tumungtong dito ang Lee!" sabat ni Boy.

"N-Nahihiya ako e.."

"Kanino naman?! Sakin?!"

Gulat akong nilingon si Ate na naglalakad na pabalik mula sa kusina, at saka ko sya nginusuan.

"Dalin mo dito.. kilatisin natin.." natatawang sabi pa ni Ate saka muling naupo sa harap namin.

"Stop me.. tigilan ako.." sabi ko at saka tumayo. **"Papasok na kami.. baka ma-late kami.."** taas-kilay at nakangising dagdag ko pa at saka naglakad papalapit sa hagdan. **"Maaaaaaxxx!!! Tara na! Ano ba!"** sigaw ko pa at saka pinakiramdaman sya. **"Maaaaaaaaaxxx!!!"** sigaw ko pa ulit pero walang sagot. Napalingon pa ako kila Ate at nakatingin rin sila sakin.

"Akyatin mo na, baka naglaslas na sa lungkot ang Lola mo.. Masabing *'in'* sa uso.." natatawang sabi pa ni Beka.

Nanlaki naman ang mga mata ko sa sinabi nya kaya naman dali dali akong umakyat at kumatok sa kwarto ni Max!

"M-Max???" tawag ko sa kanya. **"Max.. baka ma-late tayo.. 7:30 na oh?? Max??"** wala pa ring sagot! **"P-Papasok nako ah??"** sabi ko pa at saka dahan dahang binuksan ang pinto.

Tulog?!

"M-Max??" tawag ko pa ulit sa kanya.

Nakahiga ang kalahating katawan nya sa kama habang ang paanan nya ay nasa lapag pa. Nakapikit sya na animong tulog na tulog.

"M-Max.." tawag ko pa muli munit hindi man lang sya dumilat.

Lumapit pa ako ng bahagya at sadya kong dinali ang paa nya.

"Mauna ka na.. susunod ako.."

Nagitla pa ako nung bigla syang magsalita habang nakapikit.

"O-Okay ka lang ba?? May masama ba sa pakiramdam mo---"

"Okay lang ako.." biglang sagot nya. **"Mauna ka na lang, susunod na lang ako.. Kulang na kulang ang tulog ko.."**

"H-Hihintayin na lang kita---"

"Hindi na.. mauna ka na.." pagpipilit nya pa kaya naman napailing na lang ako at nakaramdam ng bahagyang lungkot para sa kanya.

"S-Sige.. P-Pasok ka ah?? Hihintayin kita sa school.." dagdag ko pa pero hindi na sya nagsalita.

Pinagmasdan ko pa sya saglit at saka ako napapailing na tumalikod sa kanya at saka naglakad palabas ng kwarto nya at dahan dahan ring sinaran ang pinto nya.

Pagbaba ko ay takang nakatingin sakin ang mga bakla at si Ate.

"Ano na?!" si Ate.

"M-Mamaya na lang daw sya papasok.. umiidlip pa e.."

"Ha?! E anong oras na ah!?" sabi pa ni Beka na tumingin sa wall clock. Napailing naman ako at napabuntong-hininga.

"H-Hayaan na lang muna natin.. susunod na lang daw sya.. Ginagawa nya naman lahat ng sinasabi nya, kaya hihintayin ko na lang sya school.. Mauna na ako.." bagsak ang mga balikat na sabi ko pa at saka kumaway sa kanila.

"Ingat.." sabay sabay pa nilang sabi at saka ako tuluyang lumabas.

~BRIZK! BRIZK!~

Inilabas ko ang cellphone ko nung magvibrate ito..

~Lee Calling. . .~

"Hello?" sagot ko.

"Mmm?? Hindi yata masaya ngayon ang sweetheart ko??"

"Psh.."

"May nangyari ba??"

"W-Wala naman.. I mean, meron pero hindi naman big deal.. mamaya ko na lang ikukwento sayo.."

"I'm on my way to school, what about you?"

"A-Ahh.. papasok na rin.."

"Mmm.. I'll see you there then??"

"Sige.."

"Ingat.."

"Bye.."

"I love you.."

"I love you too.." kinikilig pang sagot ko at saka binaba ang linya..

Napatayo tuloy ako ng ayos at taas-noo'ng sumakay sa motor ko at nagdrive papasok!

~BROOM!~

Nung marating ko ang parking lot ay gulat pa akong makitang nandon si Lee sa parking space nya at nakangiting sinalubong ako.

"Oh?? Gumagaya ka na kay Sensui ah!? Naghihintay ka na rin dito.." nakangiting sabi ko pa at saka lumapit sa kanya. **"Baka mamaya nyan, isipin nung ibang babae'ng dumadaan dito ay sila ang hinihintay mo----"**

TSUP!

TUGUDUG!*TUGUDUG!*TUGUDUG!

"I miss you.." mahinang usal pa ni Lee sa mismong mukha ko dahilan para maamoy ko ang mint na mint nyang hininga!

Napalingon ako sa tagiliran ko at napapikit habang kinakagat ang labi ko..

"H-Hey.. D-Did I scare you??" utal pang tanong nya.

"T-Teka.. Teka muna.." sabi ko at saka medyo lumayo sa kanya at huminga.

"Z-Zarnaih.." tawag nya pa na humawak sa braso ko.

"H-Ha?! Hahahahaha!!! Y-Y-Yung ano kasi.." naiusal ko sa hiya!

"Alin??"

"Y-Y-Yung h-helmet ko hehehehehe.. i-iaayos ko muna.." sabi ko at saka nagmadaling lumapit sa motor ko! Habang nakatalikod ako sa kanya ay napahawak ako sa dibdib ko..

My God.. anong ginawa nya?!

Napakagat ako sa labi ko habang napapailing!!!

Perstaym ko yun e.. mangiyak-ngiyak ko pang sabi sa isip ko!

"Okay na ba??"

Napahawak ako sa helmet ko nung marinig kong papalapit na sya.

"O-Oo hahahahahah a-ayos na.. h-hehehehe.." sabi ko pa at saka napapalunok na tumingin sa kanya. **"T-Tara na??"**

"Let's go.." nakangiting yaya nya pa at saka kami sabay na naglakad papasok.

'Bakit sa mga napapanood ko, nasa special na lugar sila sa first kiss nila! Bakit ako----Parking Lot laaangg!!! Sttoooppp meeee!!!!

"Narinig ko yung tungkol kila Max at Deib ah?" biglang sabi nya dahilan para matigil ako kaiisip at napatingin sa kanya.

"A-Ahh oo.." biglang lungkot na sabi ko at nilingon nya naman ako.

"Maaga aga pa naman e, kwentuhan mo ko.."

"P-Pano mo nalaman?"

"Tinawagan ni Deib si Tob, nabanggit ni Tob sakin.."

"E bakit ikaw? Hindi ka tinawagan ni Deib??" takang tanong ko at napangiti naman sya kaya mas nagtaka ako.

"Kapag involved si Kim, hindi nag-oopen sakin si Deib.."

"Bakit naman??"

"Kasi syempre.. magpinsan kami.. Bukod sa nahihiya sya, ayaw nyang maipit ako.." nakangiting sabi nya pa at saka nilingon ako at ngumiti.

Nagderederetso lang kami papasok habang nag-uusap at hindi namin pinapansin ang mga nakakasalubong, kasunod at nakakasabay naming mga students na nakatingin samin at pinagbubulungan kami.

Nung marating namin ang Batibot ay niyaya nya pa muna akong maupo don. Kinuwento ko sa kanya ang nangyari.

"Nakakapagtaka naman kasi yung pinsan mo.." sabi ko pa habang naiilang na tumingin sa kanya dahil pinsan nya nga ang involved. **"B-Bakit naman nun nya lang naisipang uminom? Kung kelan naman ilang araw na ang nakalipas.."**

"May mga ganong klase kasi ng babae, Zarnaih.."

"P-Panong ganon??" takang tanong ko.

"May mga babae'ng kapag nasasaktan, sa una ay hindi nila pinapakita, nasasabi pa nila sa sarili nilang kaya nila.. at kapag tumagal, dun lang nila narerealize na hindi pa rin pala talaga nila kaya'ng magmove on.. B-Baka ganon ang nangyari kay Kim.."

"E-Eh bakit yung kay Randall??" tanong ko at nagkibit-balikat naman sya at natawa.

"Hindi naman kasi serious relationship na matatawag para sakin yun nangyari sa kanila ni Randall.. Affair yun para sakin.." natatawang sabi nya pa at napanguso naman ako.

"So ayun na nga, tinawagan kita kaso naka-off ang cellphone mo nung friday night.. Ikaw sana ang tatawagan ko para sumundo kay Kim.."

"Yeah, nadrain ang cellphone ko dahil maya't maya ang tawag ko sayo, busy ka naman pala sa trabaho.."

"Oo e, dagsa kasi ang customers nung time na yun kaya naman naging hassle samin yung eksena ni Kim nung time na yun.."

"Pasensya na kayo ah??"

"N-Nako wala yun noh! Kahit papano naman naiintindihan ko sya.. Yun nga lang, hindi ko nagustohan yung ginawa nya kasi ibang tao ang nagsuffer.." nakangusong sagot ko.

Kung bakit naman kasi.. napakawirdo ng lahat ng tao nung araw na yun! Kainis!

DEIB'S POV

Hindi na ako nagstay sa parking lot gaya ng nakasanayan ko papasok..

Dumeretso na ako sa loob ng campus at nagmadaling maglakad..

Pero bago pa man ako makarating sa building ay natanaw ko na si Parrot at Lee na nakaupo sa Batibot at nag-uusap..

Nasan kaya sya??

Napabuntong-hininga ako dahil kahit na naiinis ako hanggang ngayon kay Taguro ay hindi pa rin sya nawala sa isip ko maski isang segundo!

Ilang araw akong hindi makakain dahil sayo! Kulang na kulang ang tulog ko kaiisip sayo! Lahat 'to kasalanan mo! Tsk! Bakit ba kasi matigas pa sa bato ang ulo mo'ng babae ka! Tch!

Hindi ko na pinansin ang naiisip ko at naglakad na lang ako papalapit sa kanila.

"Parati ngang wala ngayon sa mood si Max e.. ilang araw hindi makausap ng ayos!"

Napahinto ako at biglang napatago sa gilid nung marinig ko ang malakas na sinabing yun ni Parrot!

Ilang araw rin syang hindi makausap ng ayos?!

P-Pareho kami..

Hindi ako umalis sa pagkakatago ko sa kabilang side nung Batibot at bandang likuran nila, pabilog kasi ang Batibot. At dahil malakas naman ang bibig ni Parrot ay dinig ko sila sa pwesto ko. Ang boses man ni Lee ay dinig na dinig ko.

"Baka dahil affected rin sya sa nangyari sa kanila ni Deib??" si Lee.

"Oo nga, malamang.. Naiintindihan ko naman sila e, kaso ang hindi ko maintindihan kung bakit kailangang may mag-away? Bakit kailangang mag-away sila? Haaayss.. Sana talaga hindi na lang nadrain ang cellphone mo nung time na yun, para ikaw na lang ang natawagan ko para sumundo kay Kim.."

Kinabahan ako sa narinig ko!

T-Tinawagan nila si Lee?? P-Pero emprty battery ang cellphone nya??

Stupid!

Ramdam ko ang pagbagsak ng mga balikat ko sa narinig kong yun!

"Lumiit na nga ang mundo namin dahil nawala sila Michiko samin.. tsk, nag-away naman yung dalawa.. Edi mas lalong lumiit ang mundo namin.. Haaaayyysss.." dagdag pa ni Parrot.

"Don't worry, sweetheart, magiging okay rin sila.."

Sweetheart?! WTF??? Baduuuyyyy!!

"Sana nga ay maging okay na sila.. Haaayyy ang hirap kasama ni Max ngayon e, akala mo hindi kami close.. Nakakatagal sya ng 12 hours ng hindi nagsasalita!!"

"Ha? E buti nakapagtrabaho sya ng maayos nun?"

"Sa kitchen sya magdamag naglinis.. Naaawa nga ako e.. kitchen pa naman ang pinakanakakapagod dun.. Maya't maya hugas ka ng hugas ng plato, baso, kutsara, tinidor, mga kaldero at kung anu-ano pang hugasin! Tapos maya't maya ka ring maglalampaso at magpupunas ng lababo.. Ayaw kasi ng boss namin ng marumi e, gusto nun ay yung nakakapanalamin sya sa lababo.."

Kung hindi ako nagkakamali.. n-nasa kitchen sya nung gabing inaway ko sya..

Taguro ko.. huhuhuhuhuhu!! Patawariiiin mo kooooo!!

Nanlumo ako sa mga naririnig ko at pakiramdam ko ay nananakit na naman ang dibdib ko.

"Hindi rin sya nagkakakain ngayon.. Kumakain kami ng breakfast, hindi ko pa nakakalahati ang kinakain ko e tumayo na sya at umakyat sa kwarto nya! Aba e tuyo, dilis at itlog ang agahan namin! Pare-pareho naming paborito yun maliban sa Ate kong akala mo pinakamayaman sa mundo! Tinadtad ko pa man rin ng hinog na kamatis yung harap ng plate nya tapos hindi nya naman kinain maski isa.. Haaaayyysss.." bakas na bakas ang lungkot sa tono ng pananalita ni Parrot. **"At alam mo ba kanina?? Bihis na yun habang nagbebreakfast kami e.. nakauniform na sya at akala ko pagkakain namin ay papasok na kami.. Aba! Nung akyatin ko sa kwarto e tulog?!"**

Tulog?!

"Tulog?? Bakit sya natutulog??"

"Edi malamang---inaantok!" sabi pa ni Parrot at mas nanlumo naman ako! **"S-Siguro hindi rin sya nakakatulog ng ayos, kaiisip don sa nangyari sa kanila ni Sensui.. Kung tutuusin naman kasi, h-hindi naman sa kinakampihan ko si Max ah?? K-Kasi.. sa ugali nun..**

Kesehodang hindi nya makasundo si Kim o kung ano mang meron sa nakaraan nila ni Kim, babae pa rin ang tingin nya don.. E lasing pa?! Syempre, kahit na hindi ganon kaganda ang image ni Max, nag-aalala pa rin yun sa ganon.. Nakainom si Kim at kailangan nya ng umuwi talaga, dahil hindi na maayos ang lagay nya.. Psh, at kung nandon ka mismo sa bar maiinis ka rin kay Kim kasi halatang hindi nya na alam ang ginagawa nya.. humihiga na nga sa sahig e.."

"Tsk tsk tsk..."

"E napikon na si Max kasi may isang lalaki don kagabi na nag-iinom mag-isa, sinamahan pa ni Kim, e parang naiinis na rin yung lalaki sa kanya---pinapauwi na nga rin sya nung lalaki e! Itong lalaking 'to naman e niyaya si Kim na ihahatid! Ayun! Umeksena na ang Maxpein, kesyo sya na lang daw ang maghahatid---e ako man sa posisyon ni Max, kesehodang ayaw na ayaw ko kay Kim e hindi pa rin ako papayag na ihatid sya ng lalaking nun nya lang nakilala, kahit pa mukhang mabait o napatunayan kong mabait.. Hindi magandang tignan at para saming mga babae ay hindi tama.. E tutal, kami na rin lang ang nasa katinuan ang isip edi kami na lang ang nag-adjust.."

"T-Thank you for that.."

"Ano ka ba, wala yun.. Iniisip lang namin, pano kung kami ang nasa posisyon ni Kim?! Pano kung kami ang lasing dahil brokenhearted kami?! Kaimbyerna yung pinsan mo pero.. hay nako.. Wala na e.. nangyari na! Ayun na nga, tinatawagan kita kaso naka-off ang cellphone mo.. Sabi ni Max ay sya na lang ang maghahatid kay Kim pero nagalit si Kim at naghalumpasay nga.. Kaya sabi ni Max, tatawagan nya si Deib---ayun nanahimik ang loko!"

Unti-unti'ng kinain ng *GUILT* ang pagkatao ko!

Ang bobo mo Deib!

Ramdam ko ang bawat pagbilis ng tibok ng puso ko sa bawat salita'ng binibitiwan ni Parrot na pumapasok sa tenga ko..

Parang dinudurog ang puso ko ngayon inaalala ko ang galit na ipinakita ko kay Taguro..

I'm so sorry, Babe..

Napabuntong-hininga ako at napatitig sa kawalan..

Bakit ba hindi ko muna kasi inalam lahat??

Bumalik ako sa reyalidad nung marinig ko si Tob.

"O-Oh.. d-dre.. kararating mo lang rin??" palusot ko.

"Oo e, ikaw ba?!"

"Oo, hahahaha t-tara pasok.. N-Nandyan sila Lee oh, nakita ko.."

"Oo nga e hahahaha!" natatawang sabi nya at saka lumapit kila Lee. **"Good morning, Tweety Bird!!!!"** nakangising bati ni Tob kay Lee at nanatili naman akong nakangiti sa likod nya. **"Morning Parrot.."**

"Ikaw, Tob ah!" nakangusong palo ni Parrot kay Tob.

"E-Eto naman hahahahaha---I was just joking you know! Hehehehe! Bakit nandito pa kayo?! Hahahaha! Anong meron sa Batibot na 'to at nandito kayong tatlo?!"

Gulat na napatingin sakin si Lee at Parrot!

"K-Kararating ko nga lang.." salubong ang kilay na sabi ko kay Tob.

"Oo nga, wala naman akong sinabi ah?!" natatawang sagot sakin ni Tob! **"Tara pasok na tayo! Anong oras na oh!"**

"Tara.." yaya ko pa.

"Oh, Parrot? Bakit wala at si Taguro?! Hehehehehehe.."

"I-Ikaw, ang sama sama mo na samin! Hindi lang kami good ng gelpren mo ah!" si Parrot.

"U-Uy! Eto naman! Lunes na lunes---bad mood! Binibiro lang sabi kita e hehehehe.." si Tob.

"Papasok na rin siguro yun si Max.." sabi pa ni Parrot na sumulyap sakin. **"Mauna na nga ako sa inyo, baka mamaya pagtripan nyo pa ako e, hmpt!"** sabi ni Parrot at saka dumeretso paalis.

"I'll see you later!" sigaw pa ni Lee sa kanya na sinagot lang ng kaway ni Parrot, at saka nakangiting humarap si Lee samin. **"Let's go??"**

Napapailing na sumunod ako sa kanila at saka kami sabay sabay na umakyat sa classroom.

DISCUSSION.

Filipino Class.

"Maaari nyo ba akong bigyan ng halimbawa ng bugtong??" nakangiting tanong ni Miss at saka nagturo ng isa. **"Mr. De Leon??"** tawag sa kaklase ko.

"Isang balong malalim, punong-puno ng patalim, Miss.." si Malvin.

"At ang sagot??" si Miss.

"Bibig po, Miss.."

Sunod sunod ang nagiging buntong-hininga ko twing maiisip ko si Taguro..

Papasok pa lang sya sa isip ko, naiinis na ako sa sarili ko..

Gusto ko syang puntahan..

Pumasok na kaya sya??

Nagtuloy lang ang klase pero hindi ko magawang makinig..

Naririnig ko ang lahat pero wala akong naiintindihan..

"Magaling.. Susunod?? Mr. Damian??"

"Dalawang batong maitim, malayo ang dinarating, Miss.."

"Sagot?"

"Mata po.."

"Magaling.. Susunod?? Mr. Ocampo.."

"Dalawang balon, hindi malingon, Miss! Tenga po sagot hehehehehe.."

"Mahusay.. Mr. Bacon??"

"Naligo ang kapitan, hindi nabasa ang tiyan! Hehehehehe!!!"

"Hihihi at anong sagot, Mr. Bacon??"

"Bangka, Miss!!!"

Wag ka ng magagalit sakin ah?? Dahil kahit gano kalayo ang puntahan ko.. babalik at babalik ako para magpaliwanag sayo..

"Mahusay, Mr. Bacon, maaari ka ng maupo.. Ahh.. Mr. Enrile?? Maaari mo ba kaming bigyan ng halimbawa ng bugtong na alam mo??"

Ang sama ng ugali ko.. Sya nga ay pinupuntahan pa ako para lang magpaliwanag.. t-tapos ako..

"Mr. Enrile???"

Mas napabuntong-hininga ako sa naisip ko at mas bumigat ang pakiramdam ko dahil sa guilt na nangingibabaw sa kaloob-looban ko.

Tsk! Bakit kasi ganyan kahina ang isip mo, Deib!

"Mister Enrileeee!!!"

"M-M-Miss! Miss! Miss!"

Napatayo ako sa sobrang lakas ng pagkakasigaw sa akin ni Miss!

"Bwahahahahaha!!!" dinig na dinig ko ang malakas na tawanan ng mga kaklase ko at ramdam ko naman ang panlalaki ng ulo ko sa sobrang hiya!

"Nasaan na naman ba ang isip mo?!" halatang galit na tanong pa nito.

"I was just----S-Sorry, Mis---"

"Filipino lamang ang nararapat na lenggwahe sa silid na ito maliban kapag tinatawag na kayo sa inyong mga apelido, Mr. Enrile.."

"P-Paumanhin po, Miss.." mahinang usal ko.

"Pft! Hekekekekeke.." dinig kong bungisngis ni Tob kaya naman sinulyapan ko sya ng masamang tingin.

"Tulad ng sinasabi ko, maaari mo ba kaming bigyan ng bugtong na nalalaman mo??"

"B-Bugtong, Miss??" takang tanong ko pa at bumuntong-hininga naman sya.

"Oo, Mr. Enrile.. Bugtong.." pagdidiin nya pa.

"Limang puno ng niyog, isa'y matayog, M-Miss.."

"Magaling, at ang sagot??"

"M-Mga daliri, Miss.."

"Mahusay, Mr. Enrile.. Sige ipagpatuloy mo na ang imahinasyon mo.."

"Bwahahhahaha!!!" tawanan na naman ng mga kaklase namin at si Tob ang pinakamalakas!

"Gising, dre! Aba!" bulong pa sakin ni Tob at saka ngingisi ngising tumingin at nakinig ulit kay Miss.

DISCUSS.

DISCUSS.

DISCUSS.

"Okay class, I'll see you tomorrow.. Enjoy your lunch.. Dismiss.." sabi ni Miss at mabilis akong tumayo at bumaba!

~RIIIIIIIIIIINNNGGG!!!!!~

"H-Hoy!" dinig kong tawag pa ni Tob pero hindi ko na sya pinansin! Mabilis akong umakyat sa floor nila Taguro!

"Yiiiieeeee! Grace, nandyan si Deib!"

"Kyyyyaaaaa!!! Oo nga, Aloha!"

"Regine! Si Deib, dadaan!"

"Hay nako, Divine, move on! He's taken!"

"So what! I still like him! Waaaaa ang gwapo nya.."

Dinig na dinig ko pa rin ang sigawan ng mga babae pero ang tanging alam ko lang..

Kailangan kong makausap si Taguro.. Taguro ng buhay ko.. nag-iisang Maxpein ng buhay ko..

TING!*TING!*TING!

Parang nagblink ang BLANGKONG classroom nila Taguro sa paningin ko!

Nasan sila?!

"A-Ahh, excuse me, Deib??"

Napalingon ako sa biglang nagsalita sa likod ko.

"Mmm??" sagot ko.

"K-Kanina pa wala sila Maxpein dyan.." sabi nya pa.

"Okay.." sabi ko at saka tinalikuran sya.

Mabilis akong bumaba sa Canteen at nakita kong kasabay nila Tob at Lee sina, Michiko, Migz, BJ at Parrot.

Wala pa rin siguro si Taguro..

Napabuntong-hininga agad ako pagkaupo ko sa tabi nila..

"San ka galing?" takang tanong ni Parrot sakin.

"M-May dinaanan lang.." pagsisinungaling ko.

"Ahh dre, bati na nga pala sila hehehehehe!!! Sayang hindi mo nakita hehehehe, ang taray ni Parrot!" si Tob, pilit ang ngiting iginanti ko naman sa kanya.

"A-Ayos yan.." sagot ko.

"Kayo na lang ni Taguro ang hindi okay hahahaha.."

Lokong 'to ah..

"Bakit hindi kayo okay ni Max?!" si Migz, hindi ko naman sya sinagot. **"Haaaayyyss.. anyway, sorry nga pala Deib ah?? Napakakitid kasi ng utak namin.. Hindi man lang namin naisip na sinasakripisyo na ni Max yung sarili nya para samin.."**

"Sorry rin Deib.." si BJ.

Pakiramdam ko ay tinatamaan ako sa sinasabi ni Migz, dahil ako mismo ay tulad nila!

"Ako rin Deib, gusto ko ring magsorry.." nakangusong sabat ni Michiko. **"Kung anu-anong sinabi ko sa kanya, ayun tuloy.. n-napagalitan pa sya ng Lolo nya.. Haaaays, wag naman sanang maexpell si Max.."**

Napatingin ako ng deretso kay Michiko dahil sa sinabi nya.

"A-Anong ibig mong sabihin??" gulat na tanong ko.

"Nakausap ni Migz si Dean, sinabi ni Dean kay Migz na kapag nalaman daw ni Chairman Moon na napapasama na naman si Max sa gulo ay sya mismo ang mag-eexpell sa kanya.. Walang salita si Chairman Moon na hindi nya pinaninindigan lalo na kapag galit sya.." sabat ni Parrot at parang dinurog naman ang puso ko. **"Ngayon ko nga**

lang rin nalaman yun e, kung hindi pa sabihin sakin nitong mga 'to.." turo nya sa mga kaibigan nya at muli naman akong napatingin kay Migz.

"A-Ayun nga, naguilty nga ako dahil sa nalaman ko.. S-Sya 'tong gawa ng gawa ng paraan para samin tapos kami 'tong walang utang na loob na.. u-umaway pa sa kanya.." si Migz.

"Wala naman kay Max yun, a-alam nyo namang walang pakialam sa mundo yun.. K-Kaso yung sinabi ni Chairman Moon, paniguradong d-dagdag isipin nya yun.. Haaays, pagod na pagod pa naman yun mula pa nung Friday----"

Napahinto sa pagsasalita si Parrot sa dagliang pagtayo ko. Gulat silang napatingin sakin!

Hindi ko na kaya ang mga naririnig ko! Kailangan ko na syang makita!

Hindi na ako nagpaliwanag sa kanila at naglakad ako papalabas ng Canteen na yun! Dumeretso ako sa locker ko at isinauli ang mga gamit ko! Ramdam ko ang pamumuo ng luha ko habang nagpapaulit-ulit sa tenga ko yung mga sinabi nila!

K-Kaso yung sinabi ni Chairman Moon, paniguradong d-dagdag isipin nya yun.. Haaays, pagod na pagod pa naman yun mula pa nung Friday----

Napakakitid kasi ng utak namin.. Hindi man lang namin naisip na sinasakripisyo na ni Max yung sarili nya para samin..

Wag ka ng magagalit sakin ah?? Dahil kahit gano kalayo ang puntahan ko.. babalik at babalik ako para magpaliwanag sayo..

"S-Simpleng pakiusap nya'ng w-wag ka ng magagalit.. h-hindi mo pa napagbigyan.." pigil ang luhang usal ko habang pabatong ibinabalik sa locker ko ang mga gamit ko!

~BLAAAAAAAAG!!!~

Malakas kong isinara yun at saka inilock! Inilabas ko ang cellphone ko at idinial ang number ni Taguro..

Sana sagutin nya..

Pero nakailang ring na ay hindi nya pa rin sinasagot! Kaya naman nung maputol ang linya ay idinial ko ulit ang number nya!

Taguro, please answer the phone..

Wala ng estudyante sa parte'ng yun kaya naman wala akong pakialam kahit na nagbabadyang tumulo na ang mga luha sa mata ko..

Please answer the phone---

"Mmm?"

Parang huminto ang paghinga ko nung marinig ko ang boses nya! At saka tuluyang tumulo ang luha sa kaliwang mata ko kahit bahagyang napangiti ako.

"G-Gusto kitang makita.." mahinang usal ko pero bumuntong-hininga lang sya. **"N-Nasan ka na ba??"**

"Bakit?"

"A-Anong bakit??" takang tanong ko at saka ako napabuntong-hininga rin. **"I'm sorry.."**

"For what?"

"Sa n-nagawa ko n-nung nakaraan.. Hindi muna kita kinausap bago ako umasta ng ganon.." sabi ko habang nagpipigil ng emosyon ko at nakayuko habang pinapakinggan sya sa kabilang linya. Dinig ko na naman ang malalim na hininga nya kaya naman nagtuloy ako. **"S-Sorry, babe.. H-Hindi ko sinasadya.. H-Hindi ko kasi alam na k-kaya ako ang pinapunta mo k-kasi ganon ang iniasta ni Kim.. H-Hindi ko talaga alam.. t-tapos h-hindi nyo pa pala macontact si Lee kaya ako ang tinawagan mo.. A-Akala ko kasi p-pinaglalapit mo lang kaming dalawa e.."**

"Bakit ko naman gagawin yun?" malumanay na tanong nya.

"A-Akala ko kasi---"

"Tss.. Para kang babae.."

Hindi ako nakapagsalita at dinig ko na namang napabuntong-hininga sya.

"Umiiyak ka ba?" biglang tanong nya,.

"H-Hindi ah! B-Bakit ako iiyak---"

"Patingin ng mukha mo.."

"T-Taguro.."

"Humarap ka sakin.."

Nung marinig ko ang mahinahong utos nyang yun ay naingat ko ang paningin ko at tumingin sa harap ko pero mangilan ngilang estudyate'ng malayo sa kinatatayuan ko ang natatanaw ko..

Nasa l-likod..

Kaya naman dahan dahan kong nailayo ang cellphone sa tenga ko at saka ako bumaling sa likod ko..

"B-Babe.." naiusal ko pa nung makita ko syang matamlay at deretsong nakatingin sakin..

Hindi ko napigilan ang sarili kong tumakbo papalapit sa kanya at saka YUMAKAP..

"I-I'm really sorry.." naiusal ko habang ramdam ko ang pagpatak ng mga luha sa mga mata ko. **"S-Sorry.."** dagdag ko pa habang pahigpit ng pahigpit na yumayakap sa kanya. **"I-I'm sorry.."**

"Wag kang iiyak sa harap ko.." malumanay na sabi nya habang nararamdaman ko ang mga kamay nyang dahan dahang humahaplos sa likod ko.

"N-Natakot ako e.." mahinang sagot ko. **"Na-Natatakot akong magalit ka sakin at h-hindi ko na marinig pa ang mga paliwanag mo.."**

Dahan dahan nya akong inilayo sa pagkakayakap sa kanya at saka sya tumitig sa mukha ko.

"Ang pangit mo.."

Napailing ako sa sinabi nyang yun.. Dahan dahan namang lumitaw ang bahagyang ngiti sa mukha nya kaya naman napanguso ako..

"K-Kaya wag mo na akong t-titiisin ah?? P-Papangit ako lalo.." nakangusong usal ko pa.

"Ako pa tumiis sayo ah? Hanep.." natatawang usal nya at nakitawa naman ako.

"N-Nabadtrip kasi talaga ako e.. S-Sorry na.."

"Wag ka ng iiyak sa harap ko.. parang dinidikdik ang puso ko e.." nakangiti munit seryosong usal nya kaya naman napangiti lalo ako at saka muling yumakap sa kanya.

"Mahal na mahal kita.." mahinang usal ko pa at saka muling humiwalay sa kanya. **"Kain na tayo??"**

"Mmm.. s-sige.." nakatingin mismo sa mga mata kong sagot nya. **"D-Dadaan lang ako saglit faculty, ipapasa ko 'tong workbook ko.."** sabi nya na ipinakita pa ang workbook nya. **"Hintayin mo na lang ako sa Canteen.."**

"Samahan na kita.."

"Hindi na, pinagalitan kasi ako ni Miss kanina e, baka mas pagalitan ako kapag nakitang magkasama tayo.."

"B-Bakit ka naman pinagalitan??"

"Na-late ako kanina e.." nakangiting sagot nya at ngumuso naman ako.

"Hihintayin kita sa Canteen ah?? Oorder nako ng pagkain.."

"Sige.." sabi nya at pinisil ang pisngi ko.

Kinuha ko naman ang kamay nya at hinalikan yun..

"Hihintayin kita.." sabi ko pa at saka tinalikuran sya at nakangiting naglakad papunta sa Canteen..

Pero bago pa man ako tuluyang makapasok don ay dahan dahang nawala ang ngiti sa mukha ko ng mapahinto ako dahil nakaharang si Kim sa dadaanan ko..

"Hi.." nakangiting bati nya pa pero tinitigan ko lang sya. Tumingin pa sya sa pinanggalingan ko kaya naman nilingon ko rin yun, dumaan si Taguro papasok sa faculty ng mga Teachers. At saka ako muling tumingin kay Kim. **"I just wanna say s-sorry.."** nakangiti munit seryosong usal nya kaya naman nagtaka ako ng bahagya. **"Napaka-immature ko at childish.. h-hindi ko man lang naisip na, iniisip lang ako ni Maxpein, kaya nya ginawa yon sakin nung Friday.. Hindi man ikaw si Maxpein, sa tingin ko kailangan ko ring magsorry sayo.."** seryoso talagang usal nya at napatingin naman ako lalo sa kanya. **"Sorry kasi.. nakikita ko ng masaya ka sa kanya pero eto pa rin ako.."** sabi nya na ipinakita pa ang kabuuan nya. **"Bitter.. selfish.. immature and childish.."** tumawa pa sya ng bahagya. **"Pero kung tutuusin ay ako ang nagkamali.."** sabi nya na nakatingin sa kawalan at saka muling tumingin sakin. **"I'm sorry.."** seryosong usal nya. **"I'm not asking for forgiveness, but I'm really sorry.. Sorry for everything.. I've said it many times but this time, I'm sincere.. I'm really *sorry* Deib.."** madiing dagdag nya kaya naman naramdaman ko unti unti ang sinseridad nya. **"And I hope it's never too late to say.. I'm happy for you.. and Max.. And congratulations.. You're both lucky to have each other.."** natawa pa sya kunwari. **"Masyadong natabunan ng galit at insecurity ang mabait na side ko, hahahaha.. Kaya naman kahit na mabuti na yung pinapakita sakin ni Max, hindi ko pa rin pinapansin.."** tumingin sya ulit sa mga mata ko. **"I'm really sorry.. and thank you.. thank you dahil kung hindi sa inyo---h-hindi ko mahahanap ulit ang dating ako.."**

"K-Kim.."

"You don't have to say anything, Deib.. Makinig ka lang sakin, okay na okay na ako.." naknagiti pang dagdag nya dahilan para mas maramdaman ko ang sinseridad nya. **"Dati naiinis ako sa kahit na anong ginagawa nya.. P-Pero recently.. Narealized ko.. kahit nakakainis ang personality nya.. sa u-umpisa lang pala yun.."** napapangiti pang dagdag nya. **"She has a strong personality.. that's why she talks and acts like that.. Pero dati, seriously, I like her, I like her personality.. ang cool cool nya sa paningin ko.. At naiintindihan ko sya dahil, parati syang hindi naiintindihan ng mga tao dahil hindi sya expressive.."** nakangiti pang

sabi nya habang nakatinign sa malayo. **"Pero hindi ko naimagine na magiging *'isa'* ako don sa mga tao'ng hindi nakakaintindi sa kanya.."** bumuntong-hininga pa sya. **"Gusto ko ring magsorry sa kanya pero.. hahahaha.. Baka hindi sya interesado.."** natatawa pang sabi nya kaya naman napailing ako at nangiti. **"Kaya naman, sayo na lang ako magsosorry.. and that's for what happened n-nung Friday.. For sure, a-alam mo na kung anong nangyari.. kaya naman I'm sorry.. As I've said, I don't need your forgiveness.. gusto ko lang talagang magsorry.. Don't worry, lalayo na ako mula ngayon.. and just.."** ngumiti sya sakin ng malaki. **"..I guess.. I'll just be happy for the two of you.."**

"Thank you.." nakangiting usal ko. Ramdam ko ang pagiging natural ng mga ngiti ko dahil gumaan ang loob ko sa mga sinabing yun ni Kim. Lumapit ako sa kanya at hinawakan ang magkabilang balikat nya. **"Thank you so much, Kim.."**

"Psh! Don't act as if I'm sacrificing you, noh! Hahahaha.." tumatawang sabi nya at saka tinuktok ang noo ko. **"Thank you rin.. kasi feeling ko, mas malaya pa ako kesa sa mga ibon.."**

"Tch.. hahahaha.. Ano bang sinasabi mo..?" natatawang usal ko at napatitig naman sya sa mukha ko habang matamis ang mga ngiti, kaya naman lumayo nako ng bahagya sa kanya.

"Hindi ko pa nakita ang mga ngiting yan ng ako ang dahilan ah??" nangingiting sabi nya pa at mas napangiti naman ako. **"You're in love, Deib.."**

"I guess I am.." nakangiti pa ring sabi ko.

"I'm happy for you.."

"Thank you.."

"Seesh! Stop saying thank you, gawwwd!!"

"Hahahahaha! Masaya lang ako.."

"That finally, natanggap ko na??" natatawang tanong nya at ngumiti naman ako. **"In denial lang ako nung una noh! Hahahaha! Ahh basta.. masaya ako para sayo, sa inyo.. Kasi nakikita ko sa mga mata nyo'ng mahal na mahal nyo ang isa't isa.."** nakangiting dagdag nya pero ramdam ko ang unti-unti'ng pagkawala ng ngiti sa mukha ko dahilan para masuklian ko sya ng pilit na ngiti.

Hindi ko sigurado kung mahal nya na nga ba ako.. pero mahal ko sya at sapat na sakin yun..

"Mauna na ako.. may gagawin pa akong reports, see you around.." sabi nya pa na tinapik ang balikat ko.

Hinatid ko pa sya ng tinign hanggang sa tuluyan syang makalayo.. Pero bago pa man ako mapabaling sa Canteen ay nakita ko na si Taguro na sinulyapan pa si Kim at saka muling tumingin sakin. Binigyan ko naman sya ng matinding ngiti..

"Nag-usap lang kami.." nakangiting sambit ko nung tuluyan syang makalapit sakin. **"Okay na kami.."**

"Mmm.." tatangu tangong sabi nya pa at saka tumgin sa mukha ko.

"Nagsorry sya sakin.. at sinabing nyang.." binitin ko ang sasabihin ko at saka ngumiti sa kanya. **"Gusto mo bang malaman kung anong sinabi nya??"**

"Tss.. hindi ako interesado.." nakangising singhal nya at natawa naman ako.

"Alam ko.. hehehehe.. Tara na nga.." masayang sabi ko pa at saka inakay sya papasok sa loob ng Canteen.

OceanofPDF.com

CHAPTER 133

MAX'S POV

"Yun oh! Hahahahahaha! Ten ten tenen! Ten ten tenen! Ten ten teneeeeeee----"

"Manahimik ka nga, Tob.." suway ni Sensui kay Tob na nagha-HUM pa ng pangkasal.

"Ayos na pala lahat e hahaha!!!" masayang sabi pa ni Tob. Naupo naman kami ni Deib sa tabi nya. **"Ayos yan hehehehe.. pabirthday na lang natin kay Deib.. Hehehehe di ba dre?!"**

"Awww.. birthday mo Deib?!" si Migz.

"H-Hindi pa hehehehe.." si Sensui.

"Nagbebertdey ka pa pala? Hehehehe.. Tangkad mo na masyado, mukhang may ilalaki ka pa ah?! Kelan bertdey?? Pakaen!" si Naih.

Natawa ako kay Naih pero nawala ang mga ngiti ko nung mapatingin ako kay Sensui dahil nilingon nya ako.

Ilang araw kong hindi nakita yang mga ngiting yan.. Tsk tsk..

"Kailan birthday mo Deib??" si BJ.

"Sa Sabado.." sagot ni Sensui habang matamis ang mga ngiting nakatingin sakin.

"Yaaaaaa malapit na pala! Hahahahah san tayo!?" si Michiko.

"Sa bahay hehehe, kumpleto kasi ang family ko kaya sa bahay ang celebration.." sagot ni Sensui.

"Yiiiieeee invited ba kami ha?!" si BJ.

"Oo naman yes! Kayo pa?! Hehehehehe.." si Sensui.

"Yiiiieeee!!! Baby, punta tayo sa Mall mamaya, magtingin tayong gift kay Deib!!!" si Michiko.

"S-Sige baby hehehehe.." si Tob.

"Anong gusto mong regalo, Sensui!?" nakangising tanong ni Naih.

"Wala na.. hahahaha! Nakuha ko na lahat e hahahaha!" masayang sagot ni Sensui sa kanya at nanunuksong tinignan naman ako ni Naih at binigyan ko naman sya ng maangas na tingin.

"Ganda mo talaga tsk tsk.." pang-aasar nya sakin.

"Tss.." singhal ko at saka tumayo.

"S-San ka pupunta??" biglang habol sakin ni Sensui.

"Bibili, nagugutom ako e.."

"A-Ako na.."

"Tayong dalawa.." sabi ko.

Inihiga nya ang ulo nya sa ere at saka tumingin sa kisame at...

"Bwahahahahaha!!!!!!"

MALAKAS NA TUMAWA..

Siraulo.. Tsk tsk..

Salubong ang mga kilay na tinitigan ko pa sya at saka nagpaumunang maglakad papunta sa line..

"Bwahahaha---Babe, wait for me.." biglang habol nya pa.

"OMG.. Narinig mo yun!?"

"B-Babe daw?!"

"Waaaaaaaaa!"

"Naiinggit akoooo!!!"

"Sana ako na lang ang tinatawag ni Deib na Babe!"

"Sana ako na lang ang girlfriend nya huhuhuhu!"

"Ano ka ba, Daisy, hindi naman tayo mapapansin nyan ni Deib ano!"

"Excuse me, Tiffanie! Mas maganda ako kay Maxpein! Hello!?"

"Ch! Hindi naman ikaw ang girlfriend!"

"Ayun lang huhuhhuhu! I'm so jealous!"

"Anggwapo ni Deib oh.."

"Waaaaaaaaa!!! Parang humihiwalay ang kaluluwa ko sa katawan ko!"

Nangiti ako sa mga sinasabi ng mga babae tungkol sa kanya..

Lahat puro papuri..

Sabagay.. kung ako ang tatanongin, kahit ako ay masasabi ko lahat yan.. Sya yung tipo'ng masarap titigan sa malayo.. kapag lumapit naman, masarap halikan..

WTF??

"What's your order, Miss??" biglang tanong nung server kaya naman bumalik ako sa wisyo..

"Babe.. hehehe, ano gusto mo??" biglang sulpot ni Sensui sa tabi ko at tumingin na lang ako sa mga ulam.

"Gutom ako e.." sabi ko pa habang hinihimas ang tiyan ko.

"Bilhin ko lahat, gusto mo??" nakangisi pang tanong nya.

"Tss.. OA neto.. Kuya, yun nga.."

"Alin po??"

"Ayun.." turo ko sa hindi ko malaman kung anong tawag don.

"Chettinad Chicken Masala daw.." sabat ni Sensui habang nakangiting tinititigan ako.

"Anong gusto mo?" tanong ko sa kanya.

"Ikaw hehehehehe.." biro nya pa at saka pumunta sa likod ko at hinawakan ang magkabilang balikat ko. **"Chettinad Chicken Masala rin sakin.. Akala ko ba gutom ka Babe?? Yan lang kakakainin mo?"**

"Hindi.. Gusto ko ng Rice at saka Pizza at Ice Cream.." natatawang sabi ko pa.

"Bigay mo lahat ng gusto nya, bilis.. Dalawang Family Size Pizza and one gallon nung Cookies and Cream.." utos ni Sensui sa waiter. **"Ano pa po, Boss??"** tanong nya na sinilip ang mukha ko mula sa likod.

"Mamaya na ulit kapag hindi napuno ang tyan ko.." natatawang sabi ko at saka tinapik ang kamay nya.

"Sila ba??" tanong nya na tumuro pa sa mga kasama namin.

"Kumakain na sila e.."

"Okay..."

"Tara.."

"Teka, wala ka pa ngang drinks.." sabi nya pa at saka muling dumungaw sa waiter. **"Kuya, tatlong 1.5 Coke don sa table namin.. Thanks!"** sigaw ni Sensui sa kanya at saka patulak nya akong inalalayan pabalik sa table.

"Hoy, kayong dalawa ah! PDA kayo.." pang-aasar ni Naih.

"Tch! Anong PDA naman don?" nakangusong tanong ni Sensui.

"Asuuuusss! Para kang kiti-kite! Hindi ka mapirme! Konting konti nalang kanina, parang nakayakap ka na kay Max don sa line hahaha! Pinagpepyestahan tuloy kayo ng mga tingin ng schoolmates natin hahahaha.."

"Wala namang papalag dyan maski isa hahaha.. Kaya wag kang mag-alala.." si Lee.

"Ayooooonn! Dinadaan sa powers?? Tsk tsk.." si Naih.

"Gusto mo yakapin din kita?" nakangiting tanong ni Lee sa kanya at nanlaki naman ang mata ni Niah.

OA talaga ang king ina.. tsk tsk..

"Yiiiieeee ang sweeeeettt!!!!" si Michiko.

"Edi yayakapin ko na rin pala si Michiko??" biro ni Tob.

"Parang awa nyo na tigilan nyo yaaaaan sa harap ko!" biglang sigaw ni Migz at napatingin naman kaming lahat sa kanila. **"Ayaw kong mauwi sa pagyayakap namin ng dalawang 'to!"** sigaw nya pa habang nakaturo kay BJ.

"Hahahahahahahahah bakla wag kang mag-alala at hindi ko rin feel magpayakap sayo hahahaha!"

"Jusko ah.. tigilan nyo ang mga ganyang eksena---kebababta nyo pa!" suway kunwari ni Migz at saka sila tumawa.

"Hahahahahahahaha.."

Maya maya pa ay dumating rin ang pagkaing in-order ni Deib at sabay sabay na rin kaming kumain.

"Woooow, parati na lang tayong nadadamay sa mga foods ni Deib.." si Migz.

"Ganon talaga.." si Sensui.

"Alam mo sa totoo lang?? Isa rin 'to sa mga dahilan kaya hindi ko matiis na hindi makipagbati kay Max, hahahahahahahahaha kasi iba pa rin yung bati kami.. maraming pagkain hahahahaha!" biro ni Migz pero lahat kami ay seryosong tumingin sa kanya. **"Ayy.. hindi na ba uso ang jokes ngayon???"** taas-kilay na tanong nya at saka kami natawa sa kanya.

"Hahaahaha!" tawa naming lahat.

"Mga slow, ano ba yan hahahahahaha!" biro pa ulit ni Migz. **"Pero in fairness ahh, sa ilang araw naming hindi nagpansinan, namiss ko talaga sila.."**

"I agree.. hindi masyadong nakakaganang mag-aral.." si Michiko.

"Wow, parang aral na aral ka naman, teh?!" biro ni Migz kay Michiko. **"Iba pa rin talaga yung kasama kayo e.. iba yung feeling, yung feeling na inspired ka parati?? Haaaayss.. kaya salamat talaga at hindi nyo pinatulan ang pagiging childish namin.. salamat.."** baling sakin ni Migz. **"Oh.. hindi ka na naman interesado, teh?!"**

"Wala naman kasi sakin ang mga yun, naiintindihan ko rin naman kayo.." nakangiting sagot ko habang nagtutuloy sa pagkain.

"Pero y-yung tungkol pala sa sinabi ni Chairman Moon.." sabi pa ni Migz habang sumusubo ng pizza kaya naman napatingin ako sa kanya.

"A-Anong sabi nya?"

"Mmm.. sinabi kasi sakin ni Dean na napagalitan ka daw nung nakaraan? Nung inexpell si Choco?? Kasi hindi na nila in-announced yun e, kasi para hindi na daw pag-usapan ng mga students, so sinabi na lang sakin ni Dean para if ever may magtanong sakin ay alam ko isasagot ko.. Nabanggit sakin ni Dean na sinabi daw ng Lolo mo'ng kapag napasali ka ulit sa gulo ay sya na mismo ang mag-eexpell sayo.."

"H-Hindi mo nabanggit sakin yun.." bulong sakin ni Sensui at napayuko naman ako.

"W-Wala yun.." pilit ang ngiting sabi ko pa. **"Kahit sinong magulang naman e magagalit kapag napapasama sa g-gulo ang anak nila di ba?"**

"Mmm.. sabagay.. Pero yung umabot sa point na Lolo mo na mismo ang mag-eexpell sayo parang.. wooooohh katakot!" si Migz pa rin.

"Wag nyo na lang pansinin.." nakangiting sabi ko pa.

"Wag ka ng sasali sa gulo ah??" si Sensui.

"Tss.. baka ginawa ko yun para sayo?" nakangising tanong ko pa sa kanya.

"A-Ahh?? K-Kaya sinusumbat mo?" salubong ang kilay na tanong ni Sensui.

"Hahahahaha pinapaalala ko lang.. nagkakalimutan e.." nakangisi paring sagot ko.

"Tch! Basta.. wag ka ng papasok sa gulo.. Ayoko.." nakangusong sabi nya pa.

"Nako hahahaha, sa takbo ng buhay ng Maxpein, mukhang malabo ang request mo hahahaha! Humiling ka nalang ng ibang birthday gift, Deib.." biro ni BJ.

"Anong gusto mo palang regalo, dre?!" sabat ni Tob, nakangiting tumingin naman kay Sensui ang lahat na huminto sa pagkain, sumandal sa upuan at umastang kunwaring nag-iisip.

"Hmmm.. marami na akong kaibigan kaya hindi ko na kailangan ng bago.. Kuntento na rin ako sa kasi sobra sobra sa pangangailangan ko ang ibinibigay sakin.. Hindi na ako pinapagalitan ni Chairman.. Mabait ang Diyos sakin.. At higit sa lahat, nasa akin si Maxpein.." nakangiting sabi nya na nakangiting nilingon pa ako, tumingin naman ako ng deretso sa kanya.

"Uy!" sabay sabay na panunukso nila!

"Yiee! Nakakakilig ka naman Deib.." si Michiko.

"Tss.. kahit naman wala sayo lahat yan ay hindi namin kayang iregalo yan.." nakangiwing sagot ko sa kanya at ngumuso naman agad sya!

"H-Hoy.. s-sweetness yun! Sweetness! Kahit kailan ang slow mo! Hindi mo magets yung mga pagpapakilig ko sayo.." nakangusong sabi nya at natawa naman ako.

"Ang cool nyo ngang dalawa e hahahaha.. hindi kayo tulad nung ibang mag-on.." si Michiko.

"Si Deib kasi ang babae at si Maxpein ang lalake bwahahahaha! Joke!" si Tob.

"Yan rin ang naisip ko, serioulsy.." natatawang sang-ayon ni Lee kay Tob.

"Hahahhahaha!" nagtawanan silang lahat maliban sakin na nakangiti lang sa kanila.

"Yan nga ang dahilan kung bakit minamahal ng todo si Max e hahahaha, yan yung charm nya hahahaha!" pang-aasar ni Naih sakin.

Nagtuloy kami sa mga kwentuhan, biruan at asaran habang kumakain.

Nung matapos kaming kumain ay sabay pa rin kami hanggang sa bumalik sa locker at kumuha ng gamit.

"Woooohhh! Nakakaantok! Sobrang busog!" si Migz.

"Oo nga e.." sabi pa ni BJ na hihimas himas rin ng tiyan.

"Ang takaw nyo kasi hihihihihi.." si Michiko.

Nagbibiruan sila habang hinihintay kaming kunin ang mga gamit sa locker. Kabubukas ko palang ng locker ko nung tumabi sakin si Sensui at isinandal ang tagiliran nya sa katabing locker at saka humarap sakin.

"Sabay ulit tayo mamaya ah??" nakangiting tanong pa ni Sensui at nakangiting tumango rin ako at saka pilit inaabot ang libro kong napunta sa dulo.

Peste, pano ba 'to napunta sa dulo!?

"Need help??" natatawang tanong nya pa kaya naman tumango nako. Makipot lang kasi ang locker namin pero paloob kasi ang lawak nito. Kaya kapag maliit ka at nasa taas ang locker mo, once mapunta sa dulo ang gamit mo, kelangan mo talaga ng isang Sensui'ng tutulong sayo.

"Pakikuha nga yung History book ko sa dulo.." pakiusap ko pa at ngumiti naman sya.

"Kiss muna.."

"E-Eh!?"

"Joke.." sabi nya pa at saka kinuha na ang libro. Nung iabot nya naman sakin yun ay agad kong inilagay sa bag ko. **"Palit tayong ballpen.."** sabi nya pa kaya naman napatingala ako sa kanya at nagtaka.

"Bakit?"

"Gusto ko lang hehehehe.."

"Tss.."

"Sige na.. gusto ko lang maexperience yung gamit mong panulat.."

"A-Ang weird mo.."

"Di bale ng weird, gusto kong magamit yung ballpen mo hehehe.. Baka sakaling maging sing talino mo ko hahahahaha.."

"Tss.." singhal ko at saka kinuha ang ballpen ko at inabot sa kanya.

"Pilot?!" gulat pang tanong nya kaya naman tinaasan ko sya ng kilay! **"Parker ang ball pen ko e.."**

"Ikinatalino mo naman ba yan?" sarkastikong tanong ko.

"H-Hindi hahahaha.."

"Ikinaganda ba naman ng sulat mo yan??"

"M-Mas lalong hindi.. bwahahahahahahahaha.."

"Oh e wag mong laitin ang ball pen ko dahil kusang sumusulat yan.."

"T-Talaga??" namamanghang tanong nya pa.

Engot..

Hindi ko na sya sinagot at sinulyapan ko yung mga kasama namin na may kanya kanyang mundo rin.

Tsk tsk tsk..

"Tara??" biglang yaya ni Migz kaya naman naglakad na kami sunod sunod.

DISCUSS. DISCUSS. DISCUSS.

Sa loob ng klase ay hindi ko nagawang makinig dahil pinagmasdan ko ang ballpen nya..

History Class.

Simpleng Parker lang naman ang isang 'to. Puro'ng itim yun na silver ang point at tangkay.

Sa tingin ko ay hindi aabutin ng dalawang libo ang isang 'to.. pero masyado pa ring mahal.. Tss..

"Oh Del Valle!!" tawag sakin ni Chupan kaya naman tiningala ko sya**. "Anong meron sa ball pen mo't mas iniintindi mo yan kesa sakin??"**

Hindi ko sya sinagot at muling ibinalik sa ballpen na yun ang paningin ko at inikot ikot yun sa mga daliri ko.

"Sino ang nakaimbento ng kauna-unahang ball pen??" tanong nya kaya naman muli akong tumingala sa kanya.

Nagbibiro ka ba?! Tss..

"I d-don't know, Serr.." walang ganang sagot ko.

"Hindi mo alam?!" natatawang tanong nya pa! **"Aba'y pumasok ka pa, ano!? Walang kwenta ang pagbabayad mo ng twisyon!"** at iniiwas ko naman ang paningin ko sa kanya. **"Pinaniniwalaang si Laszlo Jozsef Biro ang nakaimbento ng kauna-unahang ball pen.. sa wakas naman may tanong akong hindi mo nasagot.."** sarkastikong dagdag nya pa. **"Makinig ka na sa discussion ko kung ayaw mong itarak ko mata mo yang ballpen mo!!!!"** biglang galit na sigaw nya.

Napabuntong-hininga naman ako at saka muling tumingin sa kanya. Nagtuloy sya sa discussion kaya naman nakinig na lang rin ako sa kanya. Nung matapos ang klase kay Chupan ay marami ang natuwa dahil hindi na sya nagquiz.

"Hoy.." tawag sakin ni Naih kaya naman nilingon ko sya. **"Malapit na pala ang birthday ni Deib, noh???"** tanong nya at tumingin na lang ulit ako sa harapan. **"Anong ireregalo mo sa kanya??"** mapanuksong tanong nya pa kaya naman nilingon ko ulit sya.

"Hindi ko alam.."

"Ano?! Bakit hindi mo alam?!"

"E hindi ko naman alam kung anong gusto nya.."

"Psh! Edi tanongin mo!"

"Sabi nya kanina, nasa kanya na lahat.."

"Kahit pa! Iba pa rin yung may regalo ka, noh! Kung si Lee yun----ngayon pa lang nag-iisip na ko.. hehehehehehe!"

"E kaso.. hindi sya sa Lee at hindi ako, ikaw.." sarkastikong sagot ko.

"Psh.. kaya sinasabi ni Deib na hindi ka sweet e!"

Tumaas ang kilay ko sa sinabi nyang yun, nakanguso naman syang tinaasan rin ako ng kilay!

"Alam mo, Max.. Paminsan minsan dapat ay sweet ka rin kay Deib.." animong kinikilig pang sabi nya. **"Malay mo, hehehehehehehehe ikiss ka rin nya.."**

Napatingin ako sa kanya ng deretso at saka ako tumitig sa napakatamis na ngiti nya.

"H-Hinalikan ka ni Lee??" mahinang tanong ko at kinikilig na tumango naman sya.

"Sa *lips* hahhaha.." mahinang tawa nya pa.

"Ang totoo.. nagulat ako--syempre! Perstaym ko kaya yun! Pero hahhah twing maaalala ko ngayon---yiiiee!!!! Dalagang dalaga na talaga ako.." kinikilig pang kwento nya. **"Kaya kung ako sayo.. maging sweet ka kay Deib para i-kiss ka rin nya hahahaha! Nakausap ko si Michiko kanina, nagkiss na rin daw sila ni Tob hehhehe!"**

Maya maya pa ay lumabas kami ng room, dahil sa Computer Lab ang sunod na klase, kaya naman sabay sabay kaming nagpunta don habang sila ay nagkukwentuhan, at nakinig lang naman ako.

"Hindi ko alam hahahaha pero parang excited akong magregalo kay Tob, hindi naman sya actually nanghihingi ng gift, hindi nya rin naman birthday pero parang---alam mo yun, Naih?? Yung feeling na may gusto kang ibigay sa kanya kasi---gusto mo lang??" si MIchiko.

"Mmm.. hahahhaha! Parang hindi ko naman nararamdaman yan, Michiko haha! Wala rin kasi akong masyadong ipon para regaluhan sya ng bongga.. May pera ako pero hindi sapat yun para bumili ng bagay na maa-appreciate ng isang Lee Roi Gozon.." si Naih.

"Ano ka ba! Hindi naman kailangang super mahal nung ibibigay mo di ba?? It's the thing that counts with the thought, not the price itself." biglang banat ni Michiko at napabuntong-hininga nalang ako.

"A-Ahh?? H-Hahahahaha.. grabe, m-may point ka.." palusot ni Naih habang nagpipigil ng tawa.

"Hahahaha ang talino mo talaga, Michiko.. Pero alam mo, totoo naman e, it's the thought that counts." sabat ni BJ.

"Pero sana hindi ang mga jowa nyo ang iniisip nyo di ba?!" sabat ni Migz at natatawang nilingon nila sya. **"Jowa ng isang 'to ang may birthday.."** biglang turo nya pa sakin. **"Kaya kung meron kayong dapat isiping pagregaluhan ay si Deib, hindi ang mga jowa nyo hahahahaha!"**

"Sabagay.. Ikaw, Max?? May naisip ka na bang regalo kay Deib?!" si Michiko.

"Nako.. tinanong ko na kanina yan!" si Naih. **"Wala pa syang naiisip hanggang ngayon, ang sweet nya di ba?! Ikaw ngang hindi bertdey ng jowa e excited kaiisip, e syang magbebertdey ang jowa, hindi man lang matinag katatahimik.."**

d-.-b

"Alam nyo, bakla?? Sa tingin ko?? Hahaha! Jusko.. kung isang Deib Lohr Enrile ang magbibirthday at makakatanggap ng regalo mula sa girlfriend nya'ng si Maxpein Zin del Valle---aba e kahit daga yata ang ikahon mo't iregalo sa kanya e mamamatay yun sa tuwa! Patay na patay sayo ang Deib, bakla!" si Migz.

"Tss.."

"Hahaha tama! Yung madikit nga lang si Max sa kanya jusko, luluwa ang mata sa sobrang tuwa! In love na in love, hahaha!" si Michiko.

"Napansin ko rin yan hahahaha, nakakatuwa si Deib, ano?? Hahahaha konting bagay--kinikilig.. Kalalaking tao, mas matindi pa sa babae kung kiligin.." si BJ.

Napabuntong-hininga naman ako at nakaramdam ng pressure sa dibdib ko.

Ano nga ba ang dapat kong iregalo?

Sabi nya naman nasa kanya na ang lahat.. e bakit ko pa sya reregaluhan?! Tss.. masabing sweet lang!?

"Kapag ganyang in love pa naman ang tao, yung simpleng bagay na ibigay mo---buong buhay nila apektado hahahaha! Akala mo walang salitang problema na nag-eexist sa mundo.. tsk tsk tsk.. Kaya kung ako sayo, kaibigan---mag-iisip nako!" si Naih na hinawakan pa ang balikat ko.

"E ano ngang ibibigay ko? Nasa kanya na daw ang lahat, ano pang ireregalo ko? Tss.. at isa pa, hindi ko alam ang gusto nya.." sagot ko.

"Sapatos! Kenneth Cole!" si BJ.

"Bag! Louis Vuitton!!" si Migz.

"Watch! Hublot Black Caviar Bang!" si Michiko.

"Shades! Chopards!" si Naih.

"Polo! Lacoste!" si BJ.

"Cap! Nike!" si Michiko.

"Jacket! Adidas!" si Migz.

"Jeans! Dolce and Gabbana!" si Naih.

"Bracelet! Titanium!" si BJ.

"Ring! Novo Hombre!" si Michiko.

"Necklace! Cheryl!" si Migz.

"A-Anklet?? D-Dyan ka nalang sa silverworks bumili hahahaha!" natatawang tanong ni Naih.

"Eh pangbabae na lahat yan ah!" inis na sagot ko.

"Bwahahahahahahahaha engkasi nga, ikaw ang lalake at si Deib ang babae! si Naih.

"Tss.. meron na sya lahat nyan panigurado.. Hindi nya na kailangan ng regalo ko.." sagot ko pa.

"Alam mo teh, ang tawag dyan.. kakuriputan!" si Migz.

"Hindi ka thoughtful, teh!" si BJ.

"At hindi ka sweet.." nakangusong dagdag ni Michiko.

Bumuntong-hininga ako at humarap sa kanila nung marating namin ang harap ng Computer Lab.

"Bakit ako bibili ng bagay na mamahalin--kung kaya nya rin namang bilhin?? Tss.. bibilhan ko nalang sya ng simple at mumurahin---yung bagay na hindi nya kailanman naisipang bilhin.." madiing sagot ko at saka pumasok sa loob ng lab.

"Ayy.. lola mo talagang may ganong epek??" dinig kong biro pa ni Migz at saka sila sumunod sakin.

Natigilan ako sa isang banda nung mapansin ko kung sinu-sino ang nasa loob ng lab.

Nandon ang mga Seniors..

"Maxx!!!!!" biglang may tumawag sakin, si Aenna. Tuwang tuwang lumapit sya sakin kasunod sila Jozh at Joh. **"Maaaaxx!! Grabe! Hahahaha! Parang ngayon na lang ulit tayo nagkita!"** tuwang tuwang sabi pa ni Aenna nung tuluyan syang makalapit sakin.

"Mmm.. musta?" nakangiting bati ko pa sa kanila.

"Okay naman, maganda pa rin hahahaha! Uyyy congrats nga pala at nanalo kayo nung interhigh, champion ulit tuloy tayo hahaha! Hindi tayo masyadong nagkita kasi bukod naman sa walang practice, naging busy rin kaming mga Seniors, congrats! Yiiiieee!" at niyakap pa ako ni Aenna.

"Congrats, Max.." si Joh.

"Congrats, bakla.." si Jozh.

"Thanks.." nakangiting bati ko.

"Anggaling galing mo pala talaga sa billiards, napanood kita hehehehe, kaso nung Championship lang hehehe.." si Jozh.

"A-Ahh hehehe hindi naman.." sagot ko.

"Sya nga pala, ang resume ang practice nating next week, Linggo ng Wika na kasi.. may program tayo.. Perform na naman, before and

after.." si Aenna.

"Ganon ba? Sige ayos lang.." sagot ko.

"Huyy bakla, may nasagap kaming chikka.." biglang bulong sakin ni Joh at napatingin naman ako s kanya.

"Ano yun?" tanong ko.

"Kayo na daw ni Deib??" bulong pa ni Jozh!

"S-Sinong may sabi??" kunwaring tanong ko.

Hindi pa ako handa sa mga ganitong tanong..

Simula kasi nung maging kami ni Sensui ay mga malapit na kaibigan lang namin ang nakapagtanong sakin, kaya naman hindi ako handa ngayong tinatanong ako ng mga kasama ko sa DT.

"Jusko naman, bakla! Alam mo namang sikat na sikat na kayo ni Deib! Bakit nagtatanong ka pa kung sinong nagsabi? Hellooo?? Alam ng buong BIS! Duh!?" malakas na bulong pa ni Aenna.

"So ano!? Kayo na ba talaga!?" si Joh, napatingin naman ako sa kanila.

"Aww nagblush sya!!! Confirmed!!!" si Jozh.

"A-Ahh---"

"Oops!!! Wag ka ng tumangge!" pigil ni Aenna sa sinasabi ko. **"Hahahahaha kahit hindi mo sabihin samin ay sinagot na ni Deib ang tanong na yan hahahaha! Hinuhuli ka lang namin!"**

"S-Sinabi nya??" tanong ko.

"Oo! Sinabi nya na samin! Hahahaha nakakaloka ka! Ang sweeeerte sweeeerte mooo!!!" sabi ni Aenna na bahagyang hinampas pa ang braso ko.

"A-Ahh h-hehehe.." mahinang tawa ko pa.

"Kwentuhan mo ko bakla ha?!" sabi pa ni Aenna at tumango naman ako.

"At dapat ay marinig namin ang mga kwentong yan.." mapanuksong sabi pa ni Jozh.

"Yiiiieee nakakakilig hahahaha! Kaya pala ganon na lang ang mga drama ni Kim nung mga nakaraan hahahaha.." si Joh na sinulyapan pa si Kim kaya naman napatingin rin ako kay Kim na nasa dulo ng hilerang nasa harap ko, at syang nasa harap mismo ng Lec.

"Class, sitdown.." sabay sabay kaming napalingon nung biglang dumating ang Lec, kaya naman nagngitian nalang kami nila Aenna at bumalik na sila sa kani-kanilang upuan. Tumabi na rin ako kila Naih at saka

tumingin at nakinig sa Lec. **"Okay class, hands-on tayo today.. So lahat ng mapa-flash sa DLP ay itataype nyo sa computer nyo, the more na mas mabilis kayong magpasa, mas mataas ang grade, okay?"**

"Yes, Sir!" sagot ng lahat.

"Mmm, before I forgot.. dalawang Sections pala ang nandito at magkaibang levels. Pero same ang rules, mapa-Senior o Junior ka man, kapag mabilis kang magpasa, mas mataas ang grade--okay??"

"Yeeeesss, Sir!"

"Habang hinihintay nating mag-open ang mga computers, review muna tayo.. tungkol sa discussion last week.. Again, who invented the first computer??" tanong pa nung Lec na nakataas ang kamay. Mabilis na nagtaasan ng kamay ang mga Seniors. **"Yes, Miss Gozon??"** tawag nya pa kay Kim na agad namang tumayo.

"Charles Babbage, Sir.."

"Correct.. And the first programmable computer is invented by??? Anyone?" tanong pa ulit nung Lec, muling nagtaasan ng kamay ang mga Seniors.

"Uyyy guys, taas naman ng kamay dyan.." bulong pa ni BJ.

"Sir!" tawag nung isang Senior.

"Yes, Miss Camba?"

"Konrad Zuse, Sir!" sagot ng estudyante.

"And called it what, Miss Camba?"

"Z1, Sir hehehehe.."

"Very good, sitdown.. Who are the founders of Microsoft??" tanong ulit nung Lec na nakataas pa ang kamay at naghahanap ng tatawagin. **"Anyone from Juniors?"**

"Sir!" taas ng kamay ni Migz.

"Yes, Mr. Agripa??"

"Sya po!" turo sakin ni Migz!

Takang napatingin sakin ang lahat!

"A-Anong ako!? Tuleg.." bulong ko pa sa kanya.

"Ano si Miss Del Valle, Mr. Agripa??" takang tanong pa ng Lec.

"S-Sya po ang sasagot, S-Sir.." napapahiyang sagot ni Migz.

"Hahahaahhaha!!!!"

"Bwaahahahahahahah!"

Napabuntong-hininga naman ako.

"Quiet.. Quiet, class!" iiling iling na sabi ng Lec at saka bumaling sakin. **"Yes, Miss Del Valle? Who are the founders of Microsoft?"** nakangiting tanong nya pa at saka ako tumayo.

"Bill Gates and Paul Allen, Serr.." sagot ko.

"And what is Bill Gates' full name?" dagdag tanong nya pa.

"William Henry *"Bill"* Gates the third, Serr.."

"Very good.. Okay sitdown.." utos nya pa at sumunod naman ako. **"What is the longest word you can type using only your left hand??"**

"Sir!!!" taas muli ng kamay ni Migz.

"Yes, Mr. Agripa?" natatawang tawag ng Lec sa kanya.

"Stewardess, Sir!!!" taas-noong sagot pa ni Migz.

"Very good! And the only word you can type using only a single row on the keyboard is??"

"Seerrr!!" sigaw ni Naih!

"Yes, Miss Marchessa?" si Lec.

"Typewriter, Serr!!!!" sagot ni Naih.

"Very good!"

"I know, Serr!!!"

"Hahahaahahaa!"

"Okay class, mabuti naman at natandaan nyo ang mga itinuro ko.. So let's go back to your seatwork.. I'm giving you one and half hour to finish your seatwork, pero uulitin ko, kapag mas mabilis natapos, mas mataas ang grade.."

"Yeess, Sir!"

"Okay, you can start now.." sabi ng Lec at isa-isa kaming nagsipagtype-an ng seatwork.

Lumipas ang isang oras at sabay kaming tumayo ni Naih. Nagkatinginan pa kami at parang nagtaka sa isa't isa kung bakit ang bilis naming natapos.

"T-Tapos ka na rin?!" takang tanong nya pa at hindi ko na sya sinagot, nauna na akong lumakap papunta sa Lec.

"Ohh.. kayong dalawa na naman? Very nice.." nakangiting salubong samin ng Lec pero bago pa man kami tuluyang makalapit sa kanya ay mabilis na tumayo si Kim at pinasa ang USB nya.

"Aww.." dinig kong bulong pa ni Naih. **"Okay lang yan, tara.."** sabi nya pa at saka kami tuluyang nagpasa.

"Ako ang nauna, Sir.." malumanay na sabi pa ni Kim, hindi naman nakakaasar ang dating.

"No, Miss Gozon, tatlo kayo.." si Lec.

"H-Ha??"

"Yes, nauna ka lang nakarating sa table ko pero nauna silang natapos sayo.." nakangiting sagot pa ni Lec sa kanya.

"A-Ahh.. it's okay Sir.."

"Okay, you may go.." sabi pa ni Lec na ngumiti samin.

Naglakad kami pabalik sa upuan namin at kinuha ang mga gamit namin.

"Hihintayin namin kayo ah?! Bilisan nyo.." bulong pa ni Naih kila Migz, BJ at Michiko. Paglabas naman namin ay humarap ako kay Naih.

"Maling note book ang nakuha ko, kukunin ko muna sa locker yung Values book and notebook ko.." sabi ko pa sa kanya.

"Sige, balik ka dito ah?"

"Tss.. hihintayin ko na lang kayo sa baba.." sabi ko pa.

"Sige.." sabi nya at saka ko sya tinalikuran. **"Hintayin mo sila.."** pahabol ko pa at saka tuluyang bumaba ng building na yun.

May mangilan ngilang estudyante ang abala sa pagkuha ng gamit sa mga lockers nila nung pumunta ako doon..

May ibang mga nakaupo sa sahig at doon nagbabasa habang nakabukas ang mga lockers nila.

"Thanks to you.."

Dahan dahan akong lumingon sa tagiliran ko at nakita ko si KIM.. Nakangiti sya sakin habang nakasandal sa katabing lockers at nakaharap ng deretso sakin.. Binigyan ko naman sya ng nagtatakang tingin na naintindihan nya rin.

"Yung ginawa mo sakin nung Friday.. gusto kong magthank you.." dagdag nya pa, kaya mas nagtaka naman ako.

"Wala akong maalalang ginawa ko sayo.." pormal na sagot ko at natawa naman sya ng bahagya.

"Come on, Maxpein.. alam kong kaya mo ginawa yun dahil *'nag-aalala'* ka rin sakin kahit pa sabihin mong wala kang pakialam sakin.." natatawa munit nakangiting sagot nya at napabuntong-hininga naman ako't nagtuloy sa pagkuha ng gamit ko. **"Nakausap ko na rin si Deib kanina.. I said sorry and nagthank you na rin ako.. Sabi ko sa kanya hindi ko na kailangang magsorry at magthank you sayo pero hahahaha.. hindi ko rin natiis.."**

Nakaramdam ako ng kakaiba sa pananalita nya kaya naman muli akong napatingin sa kanya..

"Alam ko.. hindi madali para sayong paniwalaan 'to pero yeah.. siguro nga.. siguro nga ay talagang naisipan ko ng tumigil.. Yes, uminom ako kasi.. hindi ko pa rin matanggap.. Hindi ko pa rin ma-accept sa sarili kong *'ikaw'* na nga talaga at hindi na *'ako'* ang gusto ni Deib.." nakangiti pang sabi nya. **"Pero mukhang wala na rin akong magagawa e.."** natatawa pa kunwaring sabi nya. **"Hindi ko nakikita sa kanya dati yung ngiting nakikita ko sa kanya ngayon.."** at saka sya nalungkot. **"Nanghihinayang ako, alam mo ba yun?"** nakangiting tanong nya pa pero tinignan ko lang sya habang nakatingin rin sya sakin. **"Dahil isang importante at mahalagang tao yung pinakawalan ko.."** at saka sya bumuntong-hininga. **"Deib is different from others.. He's extra sweet, extra thoughtful, extra caring, extra loving and amazingly handsome.."** nakangiti pang sabi nya. **"Kapag nakangisi sya ay mukha syang joker kaya madadala ka at mapapangiti or matatawa pa sa harap nya.. Kapag malungkot sya ay malulungkot ka rin.. Kapag tumawa sya ay mas matatawa ka.. At kapag sinabi nya yung feelings nya ay mararamdaman mo talaga.."**

"W-Why are you saying this?"

"Dahil gusto kong malaman mong maswerte ka at nasa iyo sya.." nakangiting sabi nya pa at mas tumitig naman ako sa kanya. **"Please don't get me wrong.. Siguro nga ay parte 'to ng acceptance ko.."** bumuntong-hininga ulit sya pero nakakapagtaka lang na ramdam ko ang sinseridad nya sa kakakarampot na papuri'ng sinabi nya na patungkol kay Sensui pa.

Nananatili syang nakangiti na parang anghel sa harap ko kaya naman iniiwas ko ulit ang paningin ko sa kanya at saka tuluyang isinara ang locker ko.

"Nung una.. sabi ko, gusto kita kasi ang cool ng personality.. Napansin kasi kita dahil nakita ko sayo yung *'galing'* sa pagsasaway na gusto ko dahil frustration ko ang dancing.. Until one day nakasama kita at nakasalamuha, mas nakilala kita and wow.. you're amazing.. You're cool, and I like your coolness..Gusto talaga kita noong una.. unang una pa lang kitang makilala.. Naiinis ako kay Deib nung malaman kong pinagtitripan ka nya.. nagagalit ako twing may gagawin sya sayong hindi maganda.. At ni minsan ay hindi ko naimagine na magkakagusto sya sayo.. pero eto na.. Mali ako.. I was wrong.." nakangiti pa ring sabi nya. **"It was all my fault.."** tatangu-tangong sabi nya pa. **"Minahal nya ako pero niloko ko sya.. at nung magkagusto sya sa**

iba ay ako pa yung may ganang magalit---nakakatawa.. Naiinis ako sa sarili ko.. Nagagalit ako sa sarili ko dahil nakita ko lang yung importance nya nung ikaw na ang gusto nya at hindi na ako.. N-Nasabi ko pa nga sa sarili ko.. ***'b-bakit napaka-unfair ng buhay'*****.. Yung tao'ng gusto ko, napilitan lang akong gustohin.. At yung tao'ng gusto ako, niloko ko.. at huli na nung malaman kong sya pala talaga ang gusto ko.."**

Napayuko ako sa mga sinabi nya, ramdam ko talaga ang pagiging totoo nya. Aminin ko man o hindi.. hindi ko maramdaman ang nakasanayan ko ng sarkastiko'ng Kim.. Eto na ulit yung Kim na una kong nakilala.. Mabait at para talagang anghel..

"To be honest with you, meron pa rin.." natatawa pa kunwaring sabi nya. **"Meron pa ring bitterness inside me.. meron pa ring pain--regrets.. Hahaha.. Pero ewan ko.. dahil don sa ginawa mo sakin nung Friday, pagkauwi'ng pagkauwi ko.. umiyak ako.. Tinanong ko ang sarili ko..** ***'bakit kailangang iparamdam mo sakin ang care mo sa oras na puro masasama ang ginagawa ko sayo'*****?? And then naisip ko..** ***'maybe that's one of the reasons why pinili ka nya at hindi ako'*****.."**

Napabuntong-hininga ako dahil hindi ko alam kung anong sasabihin ko.

May parte sa loob loob kong natutuwa sa mga sinasabi nya kahit papano.

"Pero.. pano mo nagagawa yan??" tanong nya pa.

Taka na naman akong napatingin sa kanya, nananatili syang nakangiti sakin..

"Ang alin?" tanong ko pa.

"Ang magpanggap na ***'mahal'*** **mo si Deib kahit na ang totoo.. ay hindi naman??"**

Gulat akong napatingin sa kanya at ramdam ko ang pagsalubong ng mga kilay ko..

Pareho kaming nakatitig sa isa't isa pero pakiramdam ko ay ako lang ang may kagustuhang alamin ang nasa likod ng mga tingin na yun!

"OMG.. girls, did you hear that!?"

"Hindi mahal ni Taguro si Deib?"

"Oh my.. nakakaawa naman si Deib.."

"Ano ka ba, sinong hindi magmamahal sa isang Deib!?"

"Hindi ba't ex ni Max si Randall? Baka mas mahal nya yun?"

"Awww nakakaawa naman si Deib.."

"Bakit nya sinagot kung hindi nya naman pala mahal!?"

"Baka para maka-gain ng popularity?!"

"Attention-seeker.."

Hindi ko pinansin ang mga bulungan at muli akong napatingin kay Kim.

"What are you talking about?" pormal na pormal na tanong ko habang pinipigilan ang inis na namumuo sa dibdib ko. Ngayon ay nalilito na ako dahil ramdam ko talaga ang sinseridad nya pero hindi ko maintindihan ang napakaprangkang tanong na yun kung para saan!

Tumungo sya habang seryosong nag-isip.

Hindi ako nagsalita at nanatili akong nakatingin sa kanya.

"Nararamdaman ko.." mahinang usal nya pa habang nakayuko at saka muling iniangat ang paningin sakin. **"Nararamdaman kong hindi mo sya mahal.."**

Napailing ako at ipinakita sa kanya ang inis sa mukha ko.

"Pano ka naman nakasigurong *'tama'* ang pakiramdam mo?" tanong ko.

"Dahil hindi ko nararamdaman at nakikita sayo yung mga bagay na nasa akin noon nung ako ang gusto ni Deib.. hindi ko nakikita sayo yung mga tuwa at saya na nanggagaling sa puso ko twing sya ang nasa harap ko.. Hindi ko nararamdaman sayo yung care na meron ako nung ako ang gusto ni Deib---"

"Dahil hindi naman ikaw ako.." pagpigil ko sa sinabi nya at natigilan naman sya. **"Magkaiba tayo, Kim.."**

"I k-know.." parang napapahiyang sabi nya pa.

"Hindi naman ikaw at ang mga tao sa paligid ko ang karelasyon ko kaya naman.. wala akong pakialam kung maramdaman nyo o hindi ang tunay na nararamdaman ko.. Mas gusto kong maging abala sa pagpaparamdaman sa kanya kesa sa inyo.." deretsong sagot ko at kitang kita ko ang paglunok nya sabay ngiti.

"I-I'm sorry.. sorry for offending you.."

"No, I'm just correcting you.." nakangiting sagot ko at saka ko sya iniwan.

Hindi ko maintindihan ang mararamdaman ko..

Naiinis ako at gusto ko syang sigawan..

Pero gayunpaman..

Hindi ko sya masisisi.. dahil yung katotohanang sya yun at ako 'to.. magkaiba kami.. Kaya magkaiba rin ang utak at puso namin..

"Oh.. ang tagal mo naman?! Akala ko sa baba mo kami hihintayin??" salubong sakin ni Naih nung nasa harap na ako ng Batibot.

"Mmm.. may kinausap lang.." sagot ko.

"Sino??"

"Si Kim.."

"Eh? Bakit daw?" bulong pa sakin ni Naih at bumuntong-hininga naman ako at sumabay sa kanya papaakyat sa building namin.

"Dahil hindi nya daw maramdamang mahal ko si Deib.." mahinang sagot ko at natigilan naman sya kaya naman napahinto rin ako sa paghakbang.

Taka akong tumingin sa kanya dahil sumeryoso ang mukha nya na hindi mo maintindihan kung nalulungkot ba o ano..

"Hi babe!"

Gulat akong napalingon sa likuran ko.. Lumapit samin yung tatlo..

"Woooww.. babe..." panunukso ni Migz at BJ.

"Hay nako bakla, tara na at mauna na tayo sa mga yan, tanghaling tapat---date!? My God ah!" biro ni BJ.

"Tara bakla.. oh mga bakla, hintayin na lang namin kayo sa taas, dalian nyo dyan.." si Migz at sabay na silang umakyat ni BJ.

"Saan kayo galing?" nakangiting tanong pa ni Sensui nung makalapit sya sakin.

"Sa CompLab kami ngayon e.." sagot ko. Busy naman sila Naih at Lee gayun na rin sila Michiko at Tob sa pag-uusap.

"Ahh, sayang hindi tayo nagkasabay.. Sophomores kasabay namin kanina.." nakangusong sabi nya pa.

"Sila Kim ang kasabay namin.." sagot ko at saka seryosong tumingin sa kanya, napangiwi naman sya at saka tumango.

"Maaga ka na namang natapos sa seatwork?" nakangiti pang sagot nya.

"Mmm, sabay kami ni Kim.." seryoso pa ring sagot ko.

"Akala ko sabay sabay kayong natapos e hehehehe.. sabay sabay kasi kayo ng mga friends mong umakyat.." nakangiting sabi nya pa ulit.

"Mmm.. nauna lang ako sa locker ko, kasi may kinuha akong gamit.. Nagkasabay sabay kami paakyat kasi pabalik na sila nung matapos kong kausapin si Kim.."

"B-Babe.. please, h-hindi ko tinatanong si Kim.." seryosong usal nya, halatang pinipigilan nya ang inis nya. **"Ikaw ang gusto kong kumustahin,**

bukod sayo wala na.. Please wag ka ng magsama ng iba sa usapan natin.."

"Aakyat na kami.. hindi na ako pwedeng ma-late kay Miss.." pormal na sabi ko at saka sinenyasan sila Michiko at Naih, na mabilis na nagpaalam kila Lee at Tob at nagpaumunang umakya.

"Babe.." habol pa sakin ni Sensui nung akyatin ko ang unang palapag ng hagdan paakyat sa floor namin, hindi naman na ako nilingon nila Naih at Michiko at nagtuloy na sila paakyat. Nilingon ko si Sensui at kitang kita ko ang pagbuntong-hininga nya. **"I love you.."**

"I'll see you later.." dagdag nya pa at saka hinawakan ng madiin ang kamay ko at naglakad pabalik sa room nila.

Ano ba kasing nangyayari sayo, Max..??? Ang korni mo.. Tsk..

Napapailing na umakyat na lang ako at nagtuloy sa classroom..

DISCUSS.

DISCUSS.

BREAK.

"15 minutes breaaaaaaakk! Tara daliii nagugutom talaga ko!" sigaw ni Naih na nagtatakbo papalabas ng room.

"Bilis Max!" yaya pa ni BJ.

"Sana manlibre ulit si Deib hehehehehe.." biro pa ni Migz na sinulyapan ako.

Mabilis kaming bumaba sa Canteen at nandon na yung tatlo pagdating namin.

Nakangiting sumalubong sakin si Sensui, mabilis syang tumayo pagkakita sakin at inalok sakin ang katabi nyang upuan.

"Thanks.." sabi ko pa at saka pinanood syang maupo sa upuan nya.

"Order na kayo.. sagot ko.." sabi pa ni Sensui sa mga kasama namin na nagsipagtayuan lahat..

Naiwan kaming dalawa sa table namin at tumingin ako sa kanya.

"Anong trip yan?" tanong ko.

"Ang alin?" takang tanong naman nya na nakuha rin ang ibig kong sabihin. **"Hahahahahahaha! Bakit?! Hindi na ba kita pwedeng masolo??"** natatawang tanong nya pa.

"Tss.."

"Ayaw mo kong kasama??" nakangiti pa ring tanong nya.

"Ikaw nagsabi nyan.."

"Edi.. gusto mo kong makasama??" nakangising tanong nya ulit.

"Wala akong sinabing ganyan.."

"Wag mo sabi akong susungitan e.. kapag ikaw nilambing ko dito.. Tsk tsk.." natatawang sabi nya pa at iniiwas ko naman ang paningin ko.

Hindi naman ako nagsalita at pinanood sila Naih na umorder.

"Nagseselos ka ba??" tanong nya dahilan para gulat akong lingunin sya.

"Ano!?"

"Nagseselos ka ba kako??"

"May nakakaselos ba dito?" tanong ko na inilapat pa ang dalawang kamay ko.

"Kay Kim.." nakangiting tanong nya habang nakatagilid ang mukha at pabao'ng nakatingin sakin.

"Ano namang nakakaselos kay Kim??"

"Ano nga ba??"

"Tss.."

"Nagseselos ka noh??"

"W-Wag ka ngang imbentor.." salubong ang kilay kong sagot sa kanya at saka muling tumingin kay Naih. **"Tsk.. a-ang tagal naman nila.."**

"Magselos ka lang.. mas gusto ko yan.." natatawang sabi nya kaya naman inis akong tumingin uli sa kanya.

"H-Hindi nga ako nagseselos.." pormal na sagot ko.

"Nagseselos ka.." pamimilit nya!

"H-Hindi nga ako nagseselos.. wag kang makulet.."

"Nagseselos ka.. kahit walang ginagawa si Kim, nagseselos ka.. Mahal mo na ako??"

Napailing ako at muling iniiwas ang paningin ko sa kanya.

"Naiilang ka hahahahaha.." natatawang dagdag nya pa.

"M-Manahimik ka nga.." madiing sabi ko pa.

"Ano kayang pwede kong gawin para mawala ang toyo ng selosa'ng girlfriend ko??" nakangising tanong nya pa na hinahimas ang chin nya.

"H-Hindi nga ako nagseselos.." madiing sabi ko pa sa kanya at saka ngumuso sa kanya. Ngumisi naman sya at bumungisngis sa tagiliran nya at saka bumuntong-hininga habang nakangiti pa rin.

"Sige lang.. itanggi mo pa hahahahahahaha! Ganyang ganyan rin ako nun una e hahahahahaha.."

"Tsk.." seryosong ingit ko kaya naman sumeryoso sya kunwari.

"W-Wala namang nakakaselos, babe.. Wala talaga.." seryosong sabi nya at saka muling ngumisi.

"A-Anong gusto mong regalo sa birthday mo?" seryosong pag-iiba ko sa usapan at ayun na naman yung pagpipigil nya ng ngiti.

"Wala na nga akong gusto.. ikaw lang talaga.." mahinang sagot nya pa. **"Eh akin ka na? Ano pang hihilingin ko?? Kung ganyang nagseselos ka na.. magrereklamo pa ba nama---"**

"Hindi nga sabi ako nagsese---"

"Joke lang! Haha.."

"Tss.." singhal ko at ngingisi ngisi naman syang pinagmasdan ang mukha ko.

Ipinatong nya pa ang siko nya sa table at saka nagpandikwatro. Nagpangalumbaba sya at saka nakangiting tumitig deretso sakin.

"Kung sasabihin ko ba sayo ang gusto kong regalo---ibibigay mo??" nakangising tanong nya pa rin.

Napailing ako at saka dahan dahang nilingon sya nang hindi ipinapakita ang pagkailang ko.

"A-Ano ba yon??" tanong ko.

"Ibibigay mo ba??"

"S-Susubukan ko.."

"Edi hindi ko na sasabihin.."

"B-Bakit??"

"Hindi ka naman pala siguradong maibibigay mo sakin.." nakangisi pa ring sabi nya kaya naman napailing ako.

"Tss.. s-sige, sabihin mo na.."

"Ibibigay mo nga??"

"Sabihin mo na nga.." pagdidiin ko.

"Pakasalan mo ko.."

Pakasalan mo ko..

Pakasalan mo ko..

HUMINTO NG LITERAL ANG TIBOK NG PUSO KO!

Parang may bubuyog sa loob ng tenga ko at tangik kalabog lang sa dibdib ko ang naririnig ko..

Nakikita ko ang mga mapanuksong tingin sa mukha nya pero hindi ko magawang makaramdaman ng kung anu-ano..

Hanggang sa dahan dahang bumalik sa reyalidad ang diwa ko..

TUG!DUG!*TUG!DUG!*TUG!DUG!

Dahan dahang bumilis ang tibok ng puso ko..

"Yun ang gusto kong regalo.." nakangising dagdag nya at gulat pa rin akong napatingin sa kanya. **"Ibalot mo ang sarili mo sa kahon, pakakasalan kita sa sabado.."**

"S-Sira ba u-ulo mo!?" utal na tanong ko dahilan para mailang ako bigla sa mga lumingon samin.

"Hahahahahaha.. e bakit nagkakaganyan ka??" natatawang tanong nya kaya naman mas nailang ako! **"Kinikilig ka??? Hahahahahahaha! Kinikilig ka!!!."**

"Tss.."

"Kaya wag mo kong tatanongin hahahahahaha.. Hindi ko kailangan ng regalo.. yung makita mo lang yung mukha mo sa araw na yun, masaya nako.." nakangiti pa ring sabi nya at eksakto namang nagdatingan sila at nagsimula na kaming kumain.

"May theme ba sa birthday mo, Deib??" si Michiko.

"Wala.." si Sensui.

"Ano ka ba naman, Michiko.. Ano kala mo dyan? Debutante?! Psh.. Kakantahan kita, Deib ah?!" si Migz.

"Oo ba hahahaha!" excited na sagot ni Sensui. **"Magpapalagay ba ako ng stage?! Hahahaha.."**

"Kahit wag na haha, sa laki ko namang 'to--bulag na lang ang hindi makakakita sakin hehehe.."

"Gusto kong kumanta rin si Zarnaih.." nakangising sabat ni Lee.

"A-Ako?! Hala.." si Naih.

"Oy, Parrot.. narinig na kitang kumanta.. maganda ang boses mo kaya---kantahan mo ko sa birthday ko hahahaha!" si Sensui.

"N-Nako--nakakahiya naman!" si Naih.

"Birthday ko naman e hehehehe.. pagbigyan mo na ko.." si Sensui.

"S-Sige na nga.. Birthday Song lang ah?!" nakangusong sabi pa ni Naih.

"Oo, birthday song lang.... ng lahat ng lenggwahe! Hahahahahahha!" si Tob.

"Waaaaa! I hate you all!" sigaw ni Naih.

"Mm! Makaarte na naman ang Lola nyo kala mo pilit na pilti! Mm!" biro ni Migz sa kanya.

"Hahahahhahahaha!" at nagtawanan naman kami.

"Maxpein.."

Natigil kami sa tawanan at saka sabay sabay na lumingon sa likuran ko..

~PAK!~

SINAMPAL NYA AKO!

"That's for causing a lot of trouble!!!"

~PAK!~

Sampal ulit sa kabila!

"That's for not staying out of our lives!!! And this is for----"

"Noona!!!!" pigil ni Sensui sa kanya nung umasta syang sasampalin ulit ako!

Gulat kaming lahat at hindi agad nakapagreact!

Nananatili akong nagtataka habang nakatingin ng deretso sa kanya!

Nagsimulang magbulungan ang mga estudyanteng nakakita samin at lahat ng nandoon ay nakatingin sa amin!

"W-What do you think you're doing!?" galit na tanong ni Sensui sa kanya munit nananatiling nasa akin ang paningin ni Dein!

"Alam mo ba kung anong ginagawa mo?!" galit na sigaw ni Dein sakin kaya naman mas lalo akong nagtaka! Kitang kita at ramdam ko ang galit na nagmumula sa kanya! **"Bakit ba parati ka na lang nagdadala ng gulo sa buhay namin! Sino ka ba sa akala mo! Bakit ganyan ang ugali mo!!!!!"** galit na galit na sigaw nya sakin! Gumagaralgal ang boses nya at nakakagulat ang galit na ipinapakita nya habang nangingilid ang mga luha sa mga mata nya!

"A-Ano bang nangyayari sayo??" takang tanong ko!

Napatayo ako at nag-aalalang tumingin sa kanya! Muling bumilis ang tibok ng puso ko! Tumingin sya ng masama sakin! Nanatili namang tahimik sa gulat ang mga kasama namin..

"N-Noona.. What happened??" tanong ni Sensui sa kanya kaya naman nagsimulang umiyak si Dein habang galit pa ring nakatingin sakin!

"Yan! Dahil dyan sa babaeng yan!" sigaw nya na dinuro pa ako! Taka naman akong tumingin sa kanya! **"Alam mo ba kung anong nangyari kay Randall?!"**

Nagsalubong bigla ang kilay ko at mas napatingin sa kanya habang mas bumibilis ang tibok ng puso ko!

"A-Anong nangyari sa kanya?" malumanay na tanong ko.

"Nang dahil sayo napahamak sya!!!"

"Anong nangyari sa kanya!" sigaw ko rin sa kanya!

"Psh!" nakangising singhal nya! **"Anong nangyari sa kanya?! Hindi mo alam?! Ha?! Hindi mo alam?! That's buuuullllshittt!!!"** sigaw nya

pa! **"Ikaw ang nagpasok sa kanya sa gulo tapos tatanongin mo ko kung anong nangyari sa kanya?!"** galit na galit na sigaw nya sa mukha ko habang lumuluha pa ang mga mata nya! **"Hindi ba't nakipag-away kayo nung nakaraang linggo!? Ang mga tao'ng binugbog nyo ay binalikan si Randall! At mag-isa syang binugbog ngayon!!!!"**

Nanlaki ang mga mata kong napatingin sa kanya!

Hindi ako nakapagsalita!

"He's not answering our calls! Sinugod kita dito dahil---nawala sya bigla kanina sa ospital!! Maski family nya ay hindi nya kinakausap! At pinuntahan sya nila sa bahay nya pero hindi nya pinagbubuksan! Ano bang klaseng malas ang meron ka! Anong ginawa mo para umasta sya ng ganon!"

"N-Noona!" sigaw ni Sensui sa kanya at saka bumaling sakin. **"A-Anong nakipag-away?? A-Anong nakipag-away---h-hindi ko matandaang nakipag-away ka kasama si Randall??"**

Hindi ako lalo nakasagot!

"Psh! Hindi mo alam?!" sarkastikong tanong ni Dein kay Sensui! **"Oo.."** dagdag nya habang nakatingin sa mga mata ko. **"Sumugod si Maxpein sa kuta nung mga maruruming taga-Luna.. sumugod sya mag-isa kaya naman ang tanga'ng ex-boyfriend nya ay sumunod sa kanya dahil sa pag-alalaa.. Nakauwi silang safe munit wala syang bangas maski isa.. Gulat akong nakita si Randall na may sugat sa labi at nung tanongin ko ay hindi nagsabi sakin ng totoo.. Tapos ngayon?! Malalaman ko na naospital ang boyfriend ko dahil niresbakan sya nung mga binugbog nyo sa Luna?! Sino sa tingin mo ang hindi magagalit sayo!!"** sigaw na naman nya sakin! **"Boyfriend mo na si Deib, di ba?! Anong dahilan mo't kailangan mo pa rin dumikit sa boyfriend ko!"**

"Y-Yun ba yung gabing pumunta ka sakin?" malumanay na tanong ni Sensui sakin at naiiwas ko naman agad ang paningin ko sa kanya.

Napayuko ako at lalong bumilis ang tibok ng puso ko.

"Yun ba yung gabing pumunta ka sakin??" pag-uulit nya, kaya naman tumango ako.

"M-Mmm.." tipid na sagot ko.

"Tch.." natatawa kunwaring singhal nya munit bakas ang disappointment sa mukha nya. **"akala ko sa church ka pumunta?!"**

sarkastikong tanong nya na nilingon pa si Naih na napayuko rin! **"Tch.. Nice.."**

"Sino sa tingin mo ang ginagago mo??" pigil ang galit na tanong sakin ni Dein. Seryoso sya at mararamdaman mong galit talaga sya.

"Nasan si Randall..??" malumanay na tanong ko.

"Sino sa tingin mo ang ginagagago mo, Maxpein?!" galit na talagang tanong nya!

"Nasaan.. si Randall???" malumanay na ulit ko.

"Edi hanapin mo.." sarkastikong sagot nya habang blangko ang emosyong tumingin sakin. **"At kapag nahanap mo, iyo na!"** sigaw nya at saka tinalikuran ako!

Napailing ako sa iniasta nya..

Hinabol ko pa sya ng tingin munit hindi ko na sya magawang habulin..

Napatingin ako kay Sensui at bakas talaag ang disappointment sa mukha nya. Tumingin lang sya ng ilang segundo sakin at saka naglakad palabas.

"D-Dre.." habol ni Tob sa kanya. Tumingin lang rin sakin si Lee at saka sumunod sa kanila.

"S-Sumunod na muna kayo sa kanila.." utos ni Naih sa mga kasama namin.

"S-Sige.." sabi nila Michiko na sinulyapan pa ako.

Pero hindi ko napigilan ang sarili ko't hinabol ko si Sensui!

"D-Deib.." mahinang usal ko na humawak sa siko nya. Natigilan sya at matagal bago nya ako nilingon. **"S-Sorry.."** malumanay na usal ko at saka sya lumingon.

Pilit ang ngiting iginanti nya sakin at saka hinawakan ang dalawang pisngi ko..

"P-Papasok na ako.. magkita na lang tayo mamaya.." pilit ang ngiting sagot nya.

At saka walang lingunang naglakad papalayo..

Demmit..

Napabuntong-hininga ako at saka tumalikod rin sa kanya at humarap kay Naih.

"A-Aalis na muna ako.." mahinang bulong ko sa kanya.

"S-San ka na naman p-pupunta??" nanlalaki ang mga matang tanong ni Naih.

"Pupuntahan ko si Randall.." mahinang sagot ko.

"M-Max.."

"Naih.. baka kung napano sya.."

"Oo nga pero.. pano si Deib??" bakas sa tono ang pag-aalalang tanong nya at hindi naman ako nakasagot!

"B-Babalik naman ako e.. sa t-tingin ko, kailangan ako ni Randall ngayon.."

"Jusko naman.." napapailing na sagot nya na humawak pa sa noo nya! Tinitigan nya ako at bakas sa mukha nyang alam nya ng wala na syang magagawa dahil aalis talaga ako. **"Tsk.. S-Sige! Sige! Bahala ka sa buhay mo.."** salubong ang kilay na sabi nya at napayuko naman ako. **"W-Wag kang p-papasok sa gulo, malinaw??"**

"M-Mmm.."

"Mag-iingat ka.. hihintayin kita ulit mamaya dito.. K-Kailangang dumating ka--naiintindihan mo?!" sabi nya pa at saka ko tinapik ang balikat nya at naglakad palayo.

Limang minuto ko ring kinausap ang guard bago nya ako palabasin kaya naman nung makalabas ako at makasakay sa motor ko ay pinainit ko muna ang makina nun at tinawagan ko si Randall na agad namang sinagot nito.

"Hello?" si Randall. Lumunok muna ako bago nagsalita.

"N-Nasan ka?"

"B-Bakit??"

"Nasan ka??" tanong ko at bumunong-hininga naman sya. **"Pupuntahan kita.. nasan ka??"**

"N-Nasa bahay.. b-bahay ko.."

Huminga ako ng malalim at saka ko ibinaba ang linya..

~BRROOOOOOM!!!!~

Sampung minuto kong minaneho ang daan bago ko narating ang bahay nya..

The Venice.

OceanofPDF.com

CHAPTER 134

RANDALL'S POV

Napalingon ako sa pinto nung marinig ko ang door bell..

Maxpein..

Muling umulit ito pero nanatili akong nakatingin doon habang nakahiga sa sofa..

Napabuntong-hininga ako..

Ayaw kong sisihin mo ang sarili mo kung bakit ako nagkaganito, Pein..

Napalingon ako sa side table nung biglang magring ang cellphone ko..

Kinuha ko yun at saka sinagot..

"Open the door.." biglang usal nya.

"P-Pein.."

"I said.. open the door.."

Napabuntong-hininga ako at saka tumingin sa wall clock.

4:00pm..

"W-Wala ka bang klase?" tanong ko.

"Open the door.." pagdidiin nya.

"Go back to your class---"

"Bubuksan mo, o papasukin kita dyan?!"

Tsk..

Napailing naman ako sa diin ng pagkakasabi nya non..

"W-Wait.." mahinang sabi ko at saka ibinaba ang line.

Napabuntong-hininga pa akong muli nung iangat ko ang paningin ko sa pinto..

Dahan dahan akong tumayo at saka iika-ikang lumapit sa pinto, tumagilid ako para hindi nya makita ang kabuuan ng mukha ko.. Nananatiling sarado ang door chain kaya naman kakakarampot na siwang lang nang pagkakabukas ng pinto'ng yun.

"Go back to school, Pein.." utos ko pa habang nakatingin sa malayo, sinadya kong hindi tumingin sa kanya kahit na kitang kita ko sa tagiliran ng paningin ko ang talas ng tingin nya.

"Let me in.."

"Tsk.. Ano bang ginagawa mo dito?" pigil ang inis na tanong ko.

"Buksan mo 'to.." utos nya pa na bahagyang sinipa ang ibabang parte ng pinto.

Napapikit ako sa inis saka muling huminga ng malalim at walang lingon lingon inalis ang chain sa pintong yun at iika ikang bumalik sa sofa at nahiga don!

Isinara at ini-lock nya ang pinto at naramdaman ko ang mabilis na paglapit nya sakin!

Nagtalukbong ako ng kumot at saka pumikit..

"Anong nangyari sayo?" malumanay tanong nya munit hindi ako sumagot. **"Randall, anong nangyari sayo??"** pag-uulit nya pa at bumuntong-hininga naman ako.

"Bumalik ka na sa klase mo.."

"Hindi ako aalis dito hangga't hindi mo sinasabi sakin kung anong nangyari sayo.. Anong nangyari sayo?"

"Just go back---"

"Tell me what happened.."

"At anong gagawin mo?" malumanay na tanong ko. Sya naman ang hindi nakasagot. **"Pupuntahan mo sila at gagantihan? Tapos anong sunod na mangyayari?? Mananahimik sila ng ilang araw tapos babalik sila para ikaw naman ang resbakan---Maxpein, stop it!"** hindi ko napigilan ang sarili kong sumigaw!

At nagulat na lang ako nung hablutin nya ang kumot sakin dahilan para tumambad sa kanya ang kabuuan ng mukha ko!

Napailing ako at naiiwas sa kanya ang paningin ko!

Nakita ko kung paanong nagsalubong ang dalawang kilay nya habang pailalim ang tingi'ng pinagmasdan ang kabuuan ng mukha ko! Nakahawak sa magkabilang gilid ng bewang ang mga kamay nya at sa tindig ni Maxpein na yun..

Alam kong naiinis sya..

"J-Just, g-go.." mahinang utos ko pa na ipinatong ang braso ko sa noo ko para matakpan ng bahagya ang mukha ko.

"Gagamotin ko yung sugat mo.." pagdidiin nya pa kaya naman inis akong tumingin sa kanya!

"S-Sinabi ng bumalik ka---"

"Ano ba'ng nangyayari sayo??" inis na tanong nya. **"Umalis ka daw sa ospital! Sinundan ka dito nung mga kamag-anak mo pero hindi mo**

pinagbuksan ng pinto! Ngayon pinagbuksan mo nga ako ng pinto ganyan ka naman umasta sa harap ko! Ano ba'ng nangyare?! Sabihin mo nga sakin.. Anong nangyare!"

"G-Gusto ko lang mapag-isa ngayon.." malumanay na sagot ko.

"Nung oras na gusto kong mapag-isa.. pinagbigyan mo ba ako??"

Gulat akong napatingin sa kanya dahil sa sinabi nya at salubong ang kilay nyang tumingin sakin.

"Gagamutin ko ang sugat mo at sasabihin mo sakin kung anong nangyari.." pagmamatigas nya at saka naglakad papunta sa kusina!

"Tsk.. demmit!" mahinang bulong ko at saka sinipa ang ibabang parte ng sofa ko!

~FLASHBACK~

Kalalabas ko pa lang sa kotse ko pagkapark ko sa BIS ng biglang..

~PAG!~

Napatiklop ako sa sakit ng pagkakapalo'ng yun sa likod ng tuhod ko!!!

"Tayo!!!!" sigaw ng isang pamilyar na boses sakin pero hindi ko nagawang iangat ang paningin ko sa sakit ng pagkakapalo'ng yun!

"T*ngina tignan natin ngayon ang tapang mo! Tayo!!!" si Yago.

Nung mabawasan ang sakit ay saka ako galit na tumayo!

At bago pa man umasta si Mallyu na ihahampas ulit sakin ang kahoy na hawak nya ay mabilis akong nakaiwas at sinipa ang mukha nya!!!

~PAAAAAAAAGGGG!!!~

"Matibay ka ah!" sigaw ni Yago sakin at saka sumugod munit mabilis ko ring naiwasan sya at..

~PAAAAAAAAGGGG!!!~

Sinipa ko ang panga nya!

"Ano na naman ba'ng problema nyo?!" sigaw ko sa kanila habang mga nakahawak sila sa mga panga nila at kunwaring inginunguya pa yun!

Mabilis na lumapit sakin si Mallyu at kasunod nun ay sumugod rin sakin Yago kaya naman isinangga ko ang kamay ko sa badyang pagpalo ni Mallyu sakin ng kahoy at..

~PAAAAAAAKKKK!!!!!~

~PAAAAAAAKKKK!!!!!~

~PAAAAAAAKKKK!!!!!~

~PAAAAAAAKKKK!!!!!~

SINAPAK KO SILANG DALAWA NG MAGKAKASUNOD!

Mabilis akong lumapit kay Mallyu at kinuha ang kahoy na hawak nya at saka ibinato yun sa malayo!

Hinawakan ko sya sa kwelyo at saka nanggigigil na inangat sya papalapit sa mukha ko!

"Hindi mo ko kaya!" sigaw ko sa mismong mukha nya pero..

~PAAAAAAAAKKKK!!!!!~

Bahagya akong napatalsik sa lakas ng pagkakasapak nya sakin!

Mabilis ulit akong tumayo at sinuntok sya!

~PAAAAAAAAKKKK!!!!!~

"Kahit kailan ay traydor kayong dalawa!" sigaw ko pa at..

~PAAAAAAAAKKKK!!!!!~

~PAAAAAAAAKKKK!!!!!~

~PAAAAAAAAKKKK!!!!!~

"Hahahahahaha mga tulad nyo lang na karapat-dapat traydorin ang tinatraydor namin---Echavez!" nakangising sagot ni Mallyu na pinunasan pa ang dugo sa labi nya at saka muling sumugod sakin!

Tumalikod pa ako at...

~PAAAAAAAAGGGG!!!!!~

Sinipa ko na naman ang mukha nya!

Hinawakan ako ni Yago sa balikat at iniharap sa kanya dahilan para..

~PAAAAAAAAKKKK!!!!!~

~PAAAAAAAAKKKK!!!!!~

~PAAAAAAAAKKKK!!!!!~

Magkakasunod nyang sapakin ako!

Natumba ako sa lupa at napahawak sa panga ko!

Muli akong tumayo munit bago pa man ako makaporma para harapin sila ay mabilis akong hinawakan sa magkabilang kamay ni Yago at balikuin ang mga yun sa likuran ko!

"B-Bitiwan mo ko!" pagpupumiglas ko pa pero mabilis na lumapit sakin si Mallyu at..

~PAAAAAAAAKKKK!!!!!~

~PAAAAAAAAKKKK!!!!!~

~PAAAAAAAAKKKK!!!!!~

~PAAAAAAAAGGGG!!!!!~

~PAAAAAAAAGGGG!!!!!~

~PAAAAAAAAGGGG!!!!!~

Napayuko ako sa lupa habang pinagmamasdan ang unti-unti'ng pagpatak ng dugo mula sa labi ko sa lupa!

Hindi ko magawang iangat ang paningin ko sa sobrang pagkahilo!

Pasabunot na dinaklot ni Mallyu ang buhok ko sa likuran at hinila yun paharap sa kanya!

Pareho kaming naghahabol ng hininga! Munit sa paningin ko ay malabo na silang dalawa!

Hindi ko na halos maibuka ang mga mata ko!

"Kulang pa yan, Echavez.. Kulang na kulang pa yan.." mayabang na usal sakin ni Mallyu! Sa sobrang lapit ng mukha nya sakin ay halos masinghot ko ang amoy sigarilyo nyang hininga! "**At kung ako ang masusunod ay pwedeng pwede kitang tapusin ngayon dito.. pero hindi ko gagawin dahil gusto kong masundan pa 'to.. Masyado akong nag-eenjoy sa mga ginagawa nyo kaya naman.. hinding hindi ko kayo aatrasan.."**

"S-Sabihin mo sakin.. b-bakit mo ginagawa 'to..??" pigil ang galit na tanong ko habang sumisinghap ng hininga ko!

"Bakit hindi mo itanong sa dati mong nobya?!" sarkastikong tanong nya pa!

"Tigilan mo na si Maxpein!" sigaw ko sa kanya!

"Bakit ba kasi---ang sarap sarap na ng buhay mo ay nakialam ka pa?!" natatawa munit galit na tanong nya! **"Hindi mo na syota si Maxpein, Randall.. Bakit nagpapakabayani ka pa?! Hahahahaha.. Bakit? Mahal mo pa ba----!!!"**

~PAAAAAAAGGGG!!!!!~

Pinilit kong tumayo at muling sinipa sya!

"Wag na wag mong gagalawin si Maxpein kung gusto mong maramdamang buhay ka pa!!!" galit na sigaw ko sa kanya!

"Matibay ka ahh.." nakangising sabi nya at saka sumenyas kay Yago at..

~PAAAAAAAGGGG!!!!!~

~PAAAAAAAGGGG!!!!!~

~PAAAAAAAGGGG!!!!!~

"A-Argh..." naiingit ko sa sobrang sakin ng batok ko sa sipa'ng yun ni Yago! **"A-Ahhh.. Haaa... Haaa..."** pinilit kong tumayo munit nung ituko ko ang kamay ko sa lupa ay kusang nanlambot ang balikat ko at tumumba ako sa lupa!

Hanggang sa maramdaman ko na lang ang pagyuko ni Mallyu sa harapan ko habang nakahiga ako sa lupa!

Pilit kong inaninag pa sya!

"Alam kong malakas ka.. hindi ko ipagkakaila yon.. Pero alamin mo rin, kung sinong babanggain mo.. Alam mo na palang traydor kami--bakit pinasok mo pa 'to?? Kilala kita Randall.. kilala ko si Maxpein.. Alam ko kung anong kaya nyong gawin--at ganon rin naman kayo samin.. Pero iba na 'to ngayon.. Hindi man tayo tropa tropa noon---malayong malayo pa rin yun sa gulo'ng binuo nyo sa pagitan natin ngayon.." matigas ang mukhang pagdidiin nya pa sa mukha ko. **"Hihintayin ka namin.. Pagaling ka muna.."** sarkastikong sabi nya at saka..

~PAK!~

~PAK!~

~PAK!~

Tatlong beses pang sinampal ang mukha ko at saka tumayo!

"Tara.." dinig kong sabi nya pa kay Yago na..

~PAAAAAAAGGGG!!!!!~

"A-Arrhhgggg!!!!"

Muli akong namilipit sa sakit nang sipain ni Yago ang tyan ko bago tuluyang umalis!

Nanatili ako sa ganoong posisyon habang nag-iipon ng lakas ko para makatayo!

Ilang minuto rin ako sa ganoong posisyon ng biglang..

"Randall?!"

Napailing ako nang marinig ko ang napakapamilyar na boses na yun!

Si Maxwell! Tsk!

"What the heck happened to you!" sigaw nya pa at saka pumunta sa harapan ko at tinignan ang mukha ko!

Malabo na rin sya sa paningin ko kaya naman hindi ko na pinilit pang tignan sya!

Bakas ang pag-aalala sa tono ng pananalita nya pero hindi naman ako nagpahalatang kailangang kailangan ko sya!

Pinilit kong pumihit sa tagiliran ko para makaiwas sa paningin nya!

"Hello!?" biglang sabi nya at don ko lang nalamang may tinawagan pa sya. **"Magdala ka ng stretcher dito sa Parking Lot ng BIS.. Faster!"**

sigaw nya pa at saka ko naramdaman ang paghawak nya sa braso ko. **"Randall.. what happened to you?!"**

"U-Umal---is ka n-na.." halos maubos ang lakas na usal ko.

"Are you crazy?! Look at yourself! You're almost dying in front of me tapos ganyan ang sasabihin mo?! You're crazy!" sigaw nya at napasinghap naman ng hininga ko!

Unti-unti ko ng nararamdaman ang mga sakit at kirot sa iba't ibang parte ng katawan ko!

"Guard!" dinig kong sigaw pa ni Maxwell pero pinakinggan ko na lang ang mga ingay na ginagawa nya! **"Guaaaaard!"**

"Y-Yes, S-Sir??"

"Where were you!" sigaw ni Maxwell sa kanya! **"Hindi mo man lang ba nakita kung anong nangyayari dito!?"**

"S-Sir---hala! A-Anong nangyari!? Tatawag po ako ng ambulansya---"

"Nagpatawag na ako!" sigaw ni Maxwell sa kanya! **"Go back and never leave your post!"**

"S-Sorry, Sir..."

"Tsk.." singhal ni Maxwell. **"Nasan na ba ang streeeeeetcher!!!!"** sigaw nya pa!

Tsh.. Kahit kailan.. mainitin ang ulo..

Bahagya pa akong nangiti sa naisip ko..

Maya maya lang ay dumating ang stretcher at ang sumunod na nangyari ay nasa ospital na ako at isa-isa nilang ginamot ang sugat ko...

Halos makatulog ako sa sobrang panghihina..

Kaya naman namalayan ko na lang na nakatulog pala ako nung biglang may gumising sakin..

Dahan dahang nagising ang diwa ko bahagyang pag-alog nya sakin.

At don ko muling naramdaman sakit.. pagod.. ngalay.. kirot..

"Randall??? Honey.. Honey, please wake up.."

Dahan dahan kong iminulat ang mga mata ko munit kakakarampot lang ang kakayanan nitong bumuka.

"Oh my God.." kitang kita ko ang pagtatakip ni Dein sa mukha nya habang pinipigilan ang mga luha nya na kusa ring pumatak. **"W-What happened to you, hon??"** nag-aalalang tanong nya pa pero hindi ko nagawang sumagot sa kanya ng mula sa likuran nya ay lumapit si Maxwell at galit na tumingin sakin.

"Maya maya ay babalik ulit ang mga police para kausapin ka, ginawan na kita Medico-Legal.. Dumating na rin ang Mommy mo at sinabing ipapablotter nyo ang gumawa nyan sayo---"

"Blotter lang?!" inis na tanong ni Dein kay Maxwell na hindi man lang sya nilingon at nananatiling nakatingin sakin. Bumuntong-hininga pa muna si Maxwell bago muling magsalita.

"Kakausapin ka ng police kaya sabihin mo sa kanila ang lahat ng nangyari.. Walang nakakita sa inyo.. Maski ang guard ng school ay hindi kayo---"

"Ano ba namang klaseng guard yan!" muling sigaw ni Dein sa kanya!

Pareho kaming napabuntong-hininga ni Maxwell.

"Will you please stop shouting in my face?!" pigil ang inis at madiing usal ni Maxwell kay Dein na bahagyang napahiya! Muli syang humarap sakin. **"Just wait for your Mom, police---"**

"Aren't you going to ask him---who did this?!" muling tanong ni Dein sa kanya!

"E bakit hindi ikaw ang magtanong??" sarkastikong tanong ni Maxwell at saka pasiring na iniwan kami.

~END OF FLASHBACK~

"Mukha.."

Naingat ko ang paningin ko at hindi ko namalayang nasa harap ko na pala si Maxpein!

Napapailing na inilapit ko ang mukha ko sa kanya at dahan dahan nya naman yung nilagyan ng betadine..

"Nanggaling ka na sa ospital at lahat--hindi man lang ba nila ginamot 'to?!" inis na tanong nya pa.

"Ginamot.."

"Nino?!"

"Nang kapatid mo.."

"Tss.." singhal nya at saka diniinan ang pagpapahid dahilan para mapaatras ako!

"A-Araaaay!" sigaw ko!

"Aray?!" sarkastikong tanong nya! **"Sa Betadine ka umaray!? Tapos dyan sa sangkatutak mong sugat ni hindi man lang kita narinig na umaray!? Tapos dito umaaray ka?! E kung ipainom ko sayo 'tong Betadine?!?!"**

Nakangusong iniiwas ko ang paningin ko sa kanya at muli nyang sinimulang pahiran yun isa-isa! Napapaiwas ako twing hahapdi at muling aayos kapag nawala! Minsan ay sinasadya nyang diinan pero sa twing sisinghalan ko sya ay inaambaan nya na agad ako!

Tsk.. Bakit ba kasi pumunta pa 'to dito..

Gusto ko syang makita.. *OO!*

Gusto ko syang makasama.. *OO!*

Gusto ko ang lahat ng ginagawa nya ngayon.. *OO!*

Pero kapag tinanong nya na ako sa kung anong nangyari at nagsimula na syang magpakwento..

Natatakot ako..

Natatakot ako para sa dalawang bagay..

Pinagmasdan ko ang mukha nya habang dahan dahang pinupunasan ang labi ko.

Una.. ay natatakot akong malamang nandito lang sya dahil naguiguilty sya.. At pangalawa, mas natatakot akong baka kapag kinwento ko ang lahat sa kanya ay balikan nya sila para gantihan..

Sa ganitong lagay ko ay hindi ko sya pwedeng samahan.. At mas lalong hindi ako papayag na sumugod sya don mag-isa..

Hindi ko maiwasan ang sarili kong mapatitig sa mukha nyang inosenteng inosente'ng tignan..

Hindi ko napigilang mapangiti kaya naman, natigilan sya sa pagpapahid sa sugat ko at saka dahan dahang tumingin sa mga mata ko.

"I miss you, Pein.." mahinang usal ko at bakas naman ang pagkagulat sa mukha nya!

Hindi sya nakapagsalita..

A-Ano bang sinasabi mo Randall?!

Hindi ko ipinahalata ang pagkailang ko habang nakatingin pa rin kami isa't isa habang malapit rin ang mukha namin dalawa!

"I m-miss everything about you.." mahinang usal ko pa. **"A-And I'm happy that you're right in front of me--doing this things.."**

"Tss.. edi pabugbog ka araw-araw.. araw-araw ko ring gagawin 'to.."

Napatitig ako sa mukha nya habang patuloy naman sya'ng abala sa pagpupunas nya sa mukha ko.. Ramdam ko ang pagkagulat sa dibdib ko..

Kahit pa parang biro ang sinabi nya.

"G-Gagawin mo talaga yun??" umaasang tanong ko pa.

Hindi na sya sumagot sakin at pabuntong-hiningang pinapatuloy ang ginagawa nya.

Wala na talaga, Randall.. wala na..

"Kumain ka na ba?" tanong nya pa habang patuloy sa pagpapahid sa gilid ng labi ko.

"H-Hindi pa.."

"Bibili ako ng pagkain--kumain ka.." pautos pang sabi nya.

"Hindi na.." tanggi ko pa pero hindi na sya sumagot pa.

Huminto sya sa pagpapahid nun at dahang dahang bumaba ang paningin nya papunta sa *LABI* ko..

TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!

WTF??

Sa tagal naming nagkasama ay ni hindi ko man lang naranasang kabahan sa twing titingin sya sa labi ko!

Ngayon lang!

Nakahinga lang ako nang maluwang nung magtama ang paningin naming dalawa..

"Lalabas ako, magpahinga ka muna.." sabi nya at saka tumayo.

"S-San ka pupunta??" tanong ko pa.

"Bibili akong pagkain.. kumain ka.."

"Ha?!"

"Bibili akong pagkain.. kumain ka---"

"H-Hindi nga ako nagugutom, Pein.."

"Hindi ko naman sinabing gutom ka.. Ang sabi ko, *'kumain ka'*.." maangas na sabi nya at napailing naman ako. **"Susi.."**

"Ha??"

"Su---seeee!!!" sigaw nya!

Pabato kong iniabot sa kanya ang susi ng kotse ko at saka ko sya pinanood maglakad palabas!

~BLAAAGG!!~

Tsh.. kahit kailan..

Pabagsak nyang isinara ang pinto at maya maya lang ay narinig kong bumukas ang makina ng kots eko..

At saka ako napangiti..

Napayuko pa ako habang ngumingiti sa sarili ko..

Muli kong inalala ang itsura nya kanina habang ginagamot ang mga sugat ko..

Lalo syang gumanda..

Napakamot ako sa ulo ko sa isiping yun at---

"A-Ahh!! Sssshhhkkk!!! A-Arrraaayyy..." nadali ko ang sarili kong sugat sa tenga..

Muli akong humiga sa sofa at nakatulog..

~BLAAAAG!!!~

Napabalikwasa ako ng bangon sa lakas ng bagsak ng pintong yun!

"A-Ano ka ba??" salubong ang kilay na tanong ko pa kay Pein nung makabalik sya. Tumingin ako sa orasan.. **"4:45.. ang bilis mo naman??"** tanong ko pa pero hindi nya ako pinansin at dumeretso sya sa kusina.

"Tumayo ka na dyan---bilisan mo.." malakas na sabi nya pa habang nasa kusina.

"H-Hindi ako makalakad ng ayos!"

"Gumapang ka!"

"P-Pein naman.." nakangusong sabi ko at maya maya lang ay lumabas sya at nakapamewang na tinignang ako!

"Gagapang ka o yung pagkain mo ang pagagapangin ko papunta sayo!?" seryosong tanong nya kaya naman agad akong natigilan!

"G-Gagapang na nga ako e--eto oh.." napapalunok pang sabi ko na sinimulang tumayo!

Napapapikit ako sa twing may masakit akong mararamdaman!

Pinilit kong maglakad papalapit sa kanya ng dahan dahan!

"Bilisan mo at lumalamig yung pagkain mo!" sigaw nya pa!

"H-Hayaan mo syang lumamig dahil masakit ang t-tuhod ko!!" inis ring sigaw ko sa kanya.

"Tss.."

Gulat akong kasunod ng mahinang singhal nya ay ang paglapit at pagkuha nya sa kamay ko na agad nyang iniakbay sa kanya at inalalayan akong maglakad!

"Sa susunod.. kung magpapabugbog ka, sabihin mo---patayin ka na lang nila!" sigaw nya pa sakin kaya naman nginusuan ko sya!

"A-Ano bang s-sinasabi mo dyan!?" nakangusong tanong ko.

"Tss.. sa dami nung binanatan mo nung nakaraang linggo--yan ang napala mo ngayon?! Ilan ba rumesbak sayo?!"

Eto na.. kwentuhan na 'to! Tsk!

"D-Dalawa.." napapahiyang sagot ko.

"Anak ka ng kagang---Echavez!" sigaw nya pa kaya naman mas napanguso ako! "**Dadala-dalawang tao---nagkaganyan ang mukha mo?! E kung ako ang tatanongin mo mukha'ng me krak pa yang bungo mo ah?!"**

"A-Ang yabang mo ah!" inis na sigaw ko sa kanya!

"Tss.. sinong hindi magyayabang sayo e lintek rin ang yabang mo nung tinulungan mo ko?! B-Bakit hindi mo ko tinawagan?!"

"Tsh! Matatawagan pa ba naman kita e binubugbog nako!?"

"Sino ba yang mga yan!?"

Sinabi ko na nga ba e..

"Sabihin mo sakin?! Sino sa kanila?!" dagdag tanong nya pa!

"H-Hindi mo kilala.." pagsisinungaling ko.

"Sinong niloko mo??" ngisingisi ngisi at sarkastikong tanong nya!

Naiiwas ko ang paningin ko sa kanya at napatingin naman ako sa binili nya!

"A-Ano 'to?" kunwaring tanong ko para maiba ang usapan.

"Strawberries.. Blueberries.. At saka lugaw.. Kainin mo..."

"H-Hindi ako kumakain ng strawberr---"

"Para mabilis na gumaling ang sugat mo!" sigaw na naman nya!

"A-Ang init ng ulo mo!" nakangusong sigaw ko rin sa kanya at saka iiling-iling na sinimulang hipan yung lugaw..

"Oh e sino nga?!"

Demmit..

Napahinto ako sa paghigop dahil sa tanong nya!

"Wag mo kong tokshitin, Randall---dahil sinugod ako sa school ni Dein!"

Naibaba ko ang spoon ko at gulat na napatingin sa kanya!

"W-What???" tanong ko!

"Sinugod ako sa school ni Dein---at sya ang nagsabi saking nagkaganyan ka! Nagalit sya sakin dahil hindi ka daw nila macontact.. Umalis ka daw sa ospital kanina at n-nag-aalala sila.. Ano bang pumasok dyan sa kukote mo't umalis ka don!? Dahil nahihiya kang si Maxwell ang nag-aalalaga sayo!? Kaya sabihin mo sakin ang totoo dahil alam kong isa lang yan sa grupo nila Mallyu.. Alam kong sila ang may pakana nyan kaya naman sabihin mo sakin kung sino sa kanila ang eksaktong gumawa nyan.."

"At ano ngang gagawin mo?" biglang seryosong tanong ko, hindi sya nakasagot. **"Kapag sinabi ko sayo kung sino---anong gagawin mo?? Babalikan mo?? Gagantihan mo?? E pano kung ikaw naman ang magkaganito?!"** inis na tanong ko at napailing sya! **"Maxpein.. kaya ako umalis don kanina sa ospital--hindi para makaiwas sa kahihiyan! Ginawa ko yun dahil ayaw ko ng lumaki pa yung gulo! Dahil alam kong kapag nagsalita ako at nakarating kila Mallyu at Yago---babalik yun para gantihan tayo! Gantihan lang ng gantihan ang mangyayari dito!"**

Natahimik sya at hindi nakapagsalita..

Kinalma ko naman ang sarili ko at saka seryosong tumingin sa kanya..

"Hangga't nakakapag-isip ka ng tama.. ikaw na ang magkusa.. Magkusa kang huminto, at wag kang gumaya sa kanila.. Kapag lumampas sila sa limitasyon nila---kausapin mo ang Lolo mo at ang Dean ng school nyo, sabihin mo ang case mo.. Kung natatakot ka sa labas ng school para sa mga kaibigan mo, edi wag kayong lumabas ng walang security guard?? At kung sundan ka sa inyo at may gagawing masama sayo---saka ka lumaban, at pagkatapos nun ay tumawag ka ng pulis---"

"Tss.. Kapag natsambahan ka ba e makakatawag ka pa ng pulis?! Anong klase'ng utak yan?!"

"Ang tanong.. matsatsambahan ka ba?!" sarkastikong tanong ko sa kanya.

"Ikaw nga--nagkaganyan?! Ako pa kaya!?"

"Tsh.. Alam natin pareho kung anu-ano ang magagawa mo.. Kalmado ka pa nga sa twing sila ang nakakabuno mo.." ngingisi ngising sabi ko pa. **"I've made my decisions.. I'm planning to talk to you pero.. dumating ka na rin dito kaya sasabihin ko na lang sayo.. I want you to stop.. I'm asking you to.. please stop.. Dahil natatakot ako para sayo.. natatakot akong baka dumating yung oras na may mangyaring masama dahil sa gantihang nangyayari sa pagitan nyo.."**

"I can talk to your Dean.. I can talk to you parents.. I can talk to your family.. If they can't understand you.. then I'll explain to them.. I'll tell them what happened and what's happening between all of you.. I know this one's hard for you.. pero babae ka, Pein.. Kahit pa sabihin kong *'alam'* ko kung anong kaya mong gawin---natatakot ako.. Natatakot ako para sayo dahil h-hindi ko alam kung anong pwedeng

mangyari sayo kapag pinagpatuloy mo ang pakikipaggulo kila Mallyu.."

"Plano ko namang tigilan e.. k-kaso pano ako titigil kung hindi sila nadadala sa mga pakiusap ko??" inis na usal nya habang nakatingin sa kawalan at saka muling tumingin sakin**. "Pumunta ako sa kanila para makiusap.. Para sana makiusap ng maayos na tigilan na nila yung mga kaibigan ko at yung mga taong malalapit sakin.. Pero anong ginagawa nila ngayon??"**

K-Kung ganon.. n-nag-aalala rin sya p-para sakin???

Napatingin ako sa kanya pero nasa malayo na ang paningin nya.

"Hindi ko na alam kung anong gagawin ko.." dagdag nya pa at saka bumuntong-hininga. **"Natatakot ako para sa mga tao'ng nasa paligid ko kesa para sa sarili ko.. Natatakot akong.. baka sa sobrang katrayduran nila Mallyu ay may mapahamak sa mga kaibigan ko.. mga tao'ng nasa paligid ko.."**

"K-Kaya nga tigilan mo na.. Wag ka ng gumanti sa kanila.."

"Pero nakakasiguro ka bang titigilan nila ako kapag tinigilan ko sila??" tanong nya at napailing naman ako. **"Kailangan ko ng siguradong sagot, Randall.. Kailangan ko ng kasiguraduhang kapag hindi ko sila ginantihan ay titigilan na nila ang mga kakilala ko.."**

"P-Pein.. please wag mong solohin ang problema.. kaya nga may pamilya ka eh?! Sabihin mo sa family mo---"

"Alam nila.."

"H-Ha??" takang tanong ko pa.

"Alam nila.. Hindi lahat ay alam nila, pero alam nilang napapaaway ako.. Alam nilang nabubugbog ako---alam nilang nambubugbog ako.. Ang totoo, pinaexpell na ni Chairman sila Mallyu, Yago at Kev Gonza sa LU.. Si Choco naman ay inexpell na rin sa BIS.." muli syang bumuntong-hininga. **"Alam nila pero---may nangyayari ba?? Inexpell nila sila pero.. nahinto ba?? Hindi di ba?? Kaya nga nagkaganyan ka ngayon e!"**

"Tskk.. hindi ko na alam kung anong gagawin ko.." napapayuko'ng usal nya pa na animong problemadong problemado..

"H-Hindi naman kita pababayaan e---"

"Ayan ka na naman e! Kaya lalo akong napapahamak---kagaganyan mo sakin! Nagseselos ang girlfriend mo at nagseselos ang boyfriend ko!"

NATIGILAN AKO...

Nagseselos ang girlfriend mo at nagseselos ang boyfriend ko!

Nagseselos ang girlfriend mo at nagseselos ang boyfriend ko!

Nagpaulit-ulit pa yun sa pandinig ko pero hindi natinag ang paningin ko at nanatili akong tutok sa mukha nya..

Hindi ako makapaniwalang tumitig sa kanya at bakas namang natigilan sya sa sarili nyang sinabi!

"K-Kayo na ni Deib??" tanong ko.

Pero nanatili lang syang nakatingin sakin!

Napabuntong-hininga ako at saka muling tumingin ng deretso sa kanya..

"K-Kayo na ba ni Deib??"

"O-Oo.." iiling-iling na sagot nya.

Napabuntong-hininga ako ng marinig ko ang sagot nya..

Ang tanga mo Randall.. hindi mo pa ba nahahalata?!

Kaya naman pilit akong ngumiti.

"N-Nice! K-Kailan pa??" pilit ang ngiting tanong ko pa!

"Magtutwo weeks pa lang.." sagot nya at tumango tango naman ako.

"B-Baka magselos sya dahil n-nandito ka.."

"H-Hindi naman sya ganon.."

Yeah right.. Magkaiba kami.. kung ako ang boyfriend nya at nalaman kong kasama nya ang ex nya, baka pinapatay na ako ng selos ngayon!

"Hihintayin kong matapos kang kumain.. b-babalik na ako sa school.." sabi nya pa dahilan para maalala ko yung oras kanina.

"L-Late na.. s-sige na, umalis ka na para makahabol ka sa huling klase mo---"

"Hindi na.. babalik lang talaga ako sa school, kasi sinabi ko sa kanyang babalik ako.." nakayukong sabi nya.

Bagay na nagustohan ko sayo, Pein..

Mabilis kong sinimulang muli ang pagkain ko, at mabilis na tinapos yun.

Inubos ko rin ang mga prutas na binili nya!

Inalalayan nya pa ako pabalik sa sofa matapos nun..

"Dyan ka matutulog??" tanong nya pa na inayos ang unan ko. Pinagmasdan ko naman sya hanggang sa makaupo sya ulit sa harap ko.

"Mmm.." sagot ko. **"Ayaw ko sa kwarto, ramdam kong mag-isa lang ako.."** malungkot kunwaring sagot ko pa.

"Bat di ka magpasama sa girlfriend mo?" tanong nya pa.

"T-Tsh.. hindi na.. Hindi magandang tignan.." sagot ko at natawa naman sya kaya naman gulat ako lalong napatingin sa kanya!

"Pero si Kim.. dinala mo dito?? Nice.."

Napahiya ako ng matindi sa sinabi nya!

Pakiramdam ko ay nanlaki ang ulo ko at nagtayuan ang mga balahibo ko! Bumilis rin ang tibok ng puso ko at unti-unting pinagpawisan ako!

~RING!!! RING!!!~

Sabay kaming napalingon sa bulsa ng uniform nya nung magring ang cellphone nya..

Agad nyang kinuha yun at tumingin pa sakin bago sagotin yun..

"Oh??" sagot nya sa linya. **"A-Ahh.. s-sige.. Pabalik na ako.. Sige.. Salamat.. Bye.."** at ibinaba nya ang tawag at muling tumingin sakin.

"S-Si Deib??"

"Hindi.. Si Naih.."

"A-Ahh.. Hinihintay ka nila??"

"Mmm.. sa Parking Lot ng BIS.."

"I see.."

"Aalis na ako.. magpagaling ka.." sambit nya at saka tumayo.

Pigilan mo sya, Randall..

Gusto kong malaman..

Agad kong hinawakan ang kamay nya kaya naman natigilan sya at napatingin sakin.. Nakatayo sya at nananatili akong nakaupo sa sofa.. Nilingon nya ako pero mababa sa paningin nya ang mga mata ko..

****TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!****

Lakasan mo ang loob mo Randall kung gusto mong malaman ang totoo..

Napabuntong-hininga ako at saka muling tumingin sa kanya..

"Mahal mo ba si Deib?" deretsang tanong ko dahilan para mas matigilan sya at bigyan ako ng gulat na tingin at don nagtama ang paningin namin.

Hindi nya ako sinagot at matagal syang tumingin sakin..

Bumuntong-hininga naman ako habang nakatingin sa kanya..

Magkahawak pa rin ang mga kamay namin..

Tinignan ko yun at habang pinapaikot ikot ang magkawak na kamay namin..

Saka ako napangiti..

"Iba na ba ang pakiramdam mo sa twing ako ang hahawak ng kamay mo?" dagdag tanong ko pa habang nararamdaman ko ang mabilis

na tibok ng puso ko.

Pero kasabay non ay ang matinding pagpipigil kong ipakita't iparamdam sa kanya ang damdamin at emosyon ko..

"A-Ano bang s-sinasabi mo?" utal na tanong nya.

"Gusto kong sabihin mo saking sya na ang mahal mo---"

Natigilan ako nung higitan nya ang kamay nya at maiwan sa ere ang kamay kong pabagsak kong inilapag sa hita ko..

Pakiramdam ko ay nabigla rin ako sa ginawa at sinabi ko..

Nangibabaw ang katahimikan sa pagitan namin na animong pareho kaming nagpapakiramdaman..

Ano ba kasing ginagawa mo, Randall?!

Nakaramdam ako ng inis sa sarili ko!

Bakit hindi mo pinipigilan ang sarili mo?! Ano na lang ang iisipin nya sayo!?

"M-Magpahinga ka na.. Sana ay bumalik na agad ang lakas mo para hindi maapektuhan ang pag-aaral mo.. tatawagan na lang kita para kumustahin ka.." pormal na sabi nya at saka lumapit sakin at ginulo ang buhok ko. **"Get well soon..."** mahinang usal nya pa at saka tumalikod sakin..

Pinanood ko pa syang maglakad papalapit sa pinto..

At saka nya ako muling nilingon at ngumiti..

"Thank you.." nakatitig sa mga mata nyang usal ko.

"Pagaling ka.. Aalis na ako.." sabi nya at saka mabilis na binuksan ang pinto at inilock nya pa muna bago tuluyang isara yun..

"I miss you.." mahinang usal ko pa na alam kong ako lang ang nakarinig..

~BRRROOOOOOOMMM!!!~

Dinig ko ang pag-alis ng motor nya at don ko muli naramdamang..

Mag-isa ako..

DEIB'S POV

Pinauna na namin ang mga kaibigan namin kanina pa, at kaming tatlo nina Lee at Parrot na naman ang naiwan dito dahil ang sabi ni Parrot ay babalik si Taguro..

Wala syang sinabi kung saan sya nagpunta at ayaw ko na ring magtanong pa..

Dahil ayaw kong magsinungaling na naman sya..

Nananatili akong nakatayo habang nakasandal sa kotse ko nung biglang lumapit sakin si Parrot..

"D-Deib.." tawag nya pa sakin at nilingon ko sya. **"H-Hindi pa ba tayo uuwi?? M-Mag-aalalasais na oh.."** sabi nya pa na ipinakita pa ang relos nya.

Napabuntong-hininga naman ako at saka pilit na ngumiti sa kanya..

"K-Kung gusto nyo nang umuwi ni Lee.. ayos lang sakin.." pilit ang ngiting sagot ko at nanlaki naman ang mga mata nya.

"N-Nako! N-Nako! H-Hindi hehehehehehehe.. A-Ayos lang.."

"Late na rin, baka may gagawin pa kayo.." nahihiya pang sabi ko.

"N-Nako wala naman hehehehe.." pilit ang ngiting sabi nya at saka nilingon ang daan papasok sa kanto ng BIS. **"T-Tsk.. Nasan na ba kasi si Max??"** mahinang bulong nya pa.

"Sinabi nya ba kung saan sya nagpunta??" nakangiting tanong ko at napailing agad sya.

"H-Hindi e.."

Tch.. sinungaling..

Alam kong nagsisinungaling sya..

Alam kong alam nya kung nasaan si Taguro..

Pero naiintindihan kong..

Nagsisinungaling lang sya para hindi na maulit yung nangyari kanina.. Kung san pareho silang napahiya sa harap ko dahil nahuli kong nagsinungaling sila..

Napabuntong-hininga ako pero nginitian ko na lang sya..

"Sinabi nya namang babalik sya, di ba??" tanong ko at gulat naman syang nilingon ako na agad naman syang nakarecover.

"A-Ahh.. oo.. Ang totoo, sabi nya ay pabalik na sya.." sabi nya at ngumiti naman ako sa kanya.

"Kaya hindi ako aalis.. hihintayin ko sya.." nakangiting sagot ko at natigilan naman sya at napatitig sakin, na agad naman nyang pinalitan ng pilit na ngiti at saka tinalikuran ako at bumalik kay Lee.

Muli kong iniiwas ang paningin ko sa kanya at saka tumingin sa kanto papasok ng BIS..

Sana wag ka na ulit magsisinungaling sakin...

Yung pakiramdam ko kanina habang harap harapan kong nalalaman ang totoo dahil sa sinabi ni Noona ay parang binabayo ang dibdib ko..

Hindi ko mapigilang hindi masaktan..

'akit ka nagsinungaling sakin??

Ayun na naman yung masakit at malungkot na pakiramdam..

Napabuntong-hininga ako habang paulit-ulit na sinusulyapan ang kanto at umaasang ang susunod na taong makikita kong pumasok don ay si TAGURO..

Bakit kailangang magsinungaling ka sakin... para kay Randall??

Ramdam ko ang kirot sa puso ko..

Napapailin ako sa sarili kong naiisip at ramdam ko ang pamamasa ng mga mata ko..

Wag naman ngayon, Taguro.. Please wag mo kong saktan ngayon.. kahit ito na lang ang regalo mo..

"D-Deib.. paparating na yun.. J-Just.. c-calm down.." iiling-iling pang sabi ni Lee. Nginitian ko lang sya.

Muli akong bumuntong-hininga at tumingin sa kantong yun..

At nagliwanag ang mukha ko nung matanaw ko ang motor ni Taguro..

Siguradong sigurado akong sya yun dahil hindi sya nakahelmet..

Pakiramdam ko ay tumulo ang isang patak ng luha sa gilid ng mata ko kaya naman agad akong pinunasan yun at sinalubong sya ng ngiti..

Mabilis syang bumaba ng motor nya at lumapit sakin..

Agad ko naman syang nginitian..

Nakangiting tumitig pa muna sya sakin saka nilingon sila Lee..

"Pasensya na pinaghintay ko pa kayo.." mahinang usal nya kila Lee.

"Ayos lang, Max.." si Lee.

"M-Mauuna na kami sa inyo.." sabi pa ni Parrot at nilingon ko naman sila.

"Salamat.. Salamat talaga.." nakangiting usal ko pa dahilan para pareho silang ngitian ako.

"Ikaw pa?! Psh! Geh geh.. mauuna na kami.. Kita kits mamaya, Max.." si Parrot.

"Ingat.." sabi pa ni Taguro.

"Ingat kayo.." sabi ko pa.

"Ingat rin kayo.."

~BEEP!~

~BEEP!~

Pinanood pa muna namin silang makaalis bago muling tumingin si Taguro sakin..

Nakangiti sya munit ramdam kong pinakikiramdaman nya ako..

Muli akong ngumiti habang nakatingin sa kanya..

"Ihahatid na kita sa inyo..." mahinang usal nya.

Nakaramdam ako ng panlulumo sa sinabi nya munit hindi ako nagpahalata..

"S-Sige.." walang emosyong sagot ko dahil hindi ko na mapigilan ang nararamdaman ko.

Sumakay ako sa kotse ko at walang lingon lingong pinaandar yun..

Ang inaasahan ko ay magpapaliwanag ka.. Tsk..

Mabilis kong pinaandar ang kotse at habang tinatahak ang daan pauwi ay hindi ko maipaliwanag sa sarili ko ang tumitinding kirot na nararamdaman ko sa loob loob ko..

Pakiramdam ko ay may isang napakalaking harang sa pagitan namin at tanging paliwanag nya lang ang makakabuwag don..

Hindi mapigilan ang pangingilid ng mga luha sa mga mata ko at nananatiling nakabuka ang bibig ko dahil pakiramdam ko ay kailangan ko ng hangin para maging maayos ang paghinga ko..

Hindi ko magawang sulyapan sya sa salamin gayong alam kong nakasunod sya sakin..

Gusto kong malaman ang laman ng isip nya..

Gusto kong malaman kung anong nararamdaman nya..

Pero parang napakahirap..

Hindi ko namalayang nakarating na kami sa bahay kaya naman agad kong inayos ang sarili ko bago tuluyang bumaba ng sasakyan..

Pababa na sya ng motor nya nung makalapit ako sa kanya..

Kaya naman agad akong ngumiti nung magtama ang paningin namin..

"Thanks.." nakangiting sabi ko pa.

Pilit kong ipinapakita sa kanya ang natural kong ngiti kahit na nagiging napakahirap para sakin..

Ayaw kong makita nya ang tunay na nararamdaman ko..

Ayokong makita nyang nasasaktan ako..

Ayokong isipin nyang puro sarili ko lang ang inisiip ko at hindi ko sya naiintindihan..

Pilit kong pinigilan ang emosyon ko at nanatiling nakangiti sa harap nya..

Kapansin pansin naman ang pagiging seryoso nya na animong pinag-aaralan ang mga kilos ko at pilit binabasa ang mga reaksyon ko..

Yumuko sya sa paanan nya at saka malakas na bumuntong-hininga..

At nung iangat nya ang paningin nya ay sa malayo na sya nakatingin..

Nanatili akong nakangiti kahit na sa loob loob ko ay nagkakarambola na ang bawat tibok ng puso ko..

Pano ko ba sasabihin sa kanyang magpaliwanag sya???

"M-Mmm..." panimula ko. **"K-Kumain ka na ba??"** tanong ko at tumingin naman sya sakin.

"Hindi.." pormal na sagot nya at napabuntong-hininga naman ako at tumitig sa kanya.

"Gusto mo bang pumasok muna??"

"Hindi ako makaramdam ng gutom--kaiisip sayo.."

Natigilan ako sinabi nya..

Seryosong seryoso ang mukha nya munit kitang kita ko ang lungkot sa mga mata nya.

Hindi ko lalo maintindihan ang mararamdaman ko..

Parang hinaplos ang puso ko sa sinabi nya..

"H-Hindi ka na pumasok sa huling subject nyo kanina??" kunwaring tanong ko at umiling naman sya. **"B-Bakit?"** tanong ko at tumitig lang sya sakin..

Magpaliwanag ka sakin kung bakit??

Pigil ang emosyon ko habang nilalabanan ang titig nya!

Para kaming mga tanga'ng nagpapakiramdaman sa isa't isa!

Gusto kong malaman kung bakit kinakailangang umabsent ka sa mga klase mo at magpalipas ng gutom para lang mapuntahan sya.. Bakit Taguro?? Bakit??

Muli akong bumuntong-hininga at saka kumuha ng lakas ng loob.. Tumitig ako sa kanya at saka nagsalita..

"San ka nanggaling?" pormal na tanong ko at pilit na iniiwasang gumaralgal ang boses ko.

Unti-unti ko na namang nararamdaman ang pangingilid ng luha sa mga mata ko dahil sa hindi mapigilang emosyong namumuo sa loob loob ko.. Iisipin ko pa lang na si Randall ang dahilan kung bakit nawala sya sa paningin ko ay nasasaktan na ako..

Napayuko ako sa tagal ng pagsagot nya, dahilan para mas maramdaman ko ang pamumuo ng mga luha ko.

"Pinuntahan ko si Randall.." mahinang sagot nya.

At hindi ko naiwasang mapapikit habang nakayuko..

Suminghap ako ng hangin bago tuluyang iangat ang paningin ko sa paningin nya..

Hindi ako nagsalita at nanatili lang akong nakatingin sa kanya..

Salamat..sabi ko pa sa isip ko habang ninanamnam ang bahagyang tuwang naramdaman ko.

Huminga ako ng malalim habang nakatingin pa sa kanya..

Salamat at hindi ka na nagsinungaling..

"N-Nung gabing sinabi ko sayong sa church ako n-nanggaling.. N-Nagkita kami ni Randall non.." mahinang usal nya habang nakababa ang paningin, nanatili akong nakatingin sa kanya at nakikinig. **"Aksidenteng nakita nya akong papaalis nun kaya naman.. n-nag-alala daw sya at sinundan ako.. W-Wala sa plano naming magkita.. ni hindi ko nga alam na sumunod sya.. At ang totoo.. p-pumunta ako sa Luna.."**

Nanlaki ang paningin ko nung sabihin nya yun munit hindi ako nagsalita at nakinig na lang sa kanya..

"G-Gusto ko kasing m-makiusap sa kanila na.. t-tigilan na ako at yung mga tao'ng malalapit sakin.. Pumunta ako don para makiusap sa kanila dahil hindi ko rin nagustohan yung ginawa nilang pananakot kila Michiko, nung umaga nung araw ring yun.. H-Hindi ko ginawa yun dahil nagalit sakin sila Michiko, ginawa ko yun dahil n-natatakot ako.. natatakot ako para sa inyong lahat.. sa ating lahat.." sinserong dagdag nya at saka tumingin sakin at nagtama'ng muli ang paningin namin. **"G-Gusto kong magalit dahil sa mga ginagawa nila pero.. h-hindi ko magawa.. Dahil sa twing magagalit ako, mas natatakot akong baka kung anong magawa ko.. n-natatakot akong baka m-makapatay na ako sa sobrang galit na nararamdaman ko.. K-Kaya hangga't maaari ay ako yung n-nag-aadjust.. d-dahil hangga't maaari rin ay a-ayoko na ng gulo.. K-Kasi wala namang patutunguhan 'to e.. magkakasakitan lang lahat tayo.."**

Napayuko ako sa sinabi nya at naintindihan ko ang bawat salitang binibitiwan nya..

Nakaramdam ako ng guilt sa dibdib ko dahil pakiramdam ko ay pasan nya ang lahat ng problema'ng nasa harap naming lahat ngayon.. Maliit na bagay kung titignan pero malaki'ng bagay pala talaga dahil konting maling desisyon at kilos mo, may mapapahamak na tao..

"Hindi ko na alam kung ano'ng gagawin ko.. n-nahihirapan na rin akong mag-isip.." malungkot na sabi nya munit nananatiling seryoso ang mukha nya. **"Tinulungan ako ni Randall nung gabing yun at nagpapasalamat ako sa kanya dahil ginawa nya yun.. M-Masyadong**

marami sila Mallyu nun nung p-pumunta ako, d-dumating pa si Chocko---"

"B-Bakit hindi mo sinabi?!" biglang galit na tanong ko!

"D-Dahil ayokong mag-alala ka.."

"Sa tingin mo ba hindi ako mag-aalala ngayon?! Lalo na ngayong mas lumaki yung gulo?!"

"Sorry.." malumanay at sinserong usal nya habang nakatingin sakin dahilan para matigilan ako. **"Sorry, kasi hindi ako nag-isip.. Sorry dahil sinolo ko lahat.. Sorry dahil akala ko ay kaya kong pakiusapan sila.. pero nagkamali ako.."**

"B-Babe.."

"H-Hindi kasi magiging madali sakin kung lahat kayo ay sasabay sa gulo.. M-Mas okay na sakin yung ganitong d-dalawa na lang kaming g-ginugulo.." napapatungo pang dagdag nya.

"Tsk.." napasinghal ako.

"Alam ko hindi madaling intindihin.. pero mas maraming makikisali sa gulo---mas maraming masasaktan.. Kung mananahimik kayo at ako lang ng ako ang makikita nila---ako lang guguluhin nila.. Kilala ko sila.."

"A-Anong nangyari nung gabing yun??"

"N-Nagkapikunan kami.."

Pinagmasdan ko ang kabuuan ng mukha nya kaya naman nakahalata sya..

"W-Walang nakasapak sakin maski isa.." malumanay na dagdag nya kaya naman nagtaka pa ako. **"Hindi nila ako kaya.."**

"K-Kumusta na si Randall??" salubong ang kilay munit nag-aalalang tanong ko.

"Binugbog sya nila Mallyu kanina.. Dalawa sila at isa lang sya kaya naman, h-hindi nya rin kinaya.. K-Kung ako ang tatanongin ay kayang kaya ni Randall sina Mallyu at Yago pero.. n-nabigla siguro sya kaya sya nagkaganon.." bumuntong-hininga pa sya. **"Okay naman na sya, hindi man sobrang okay pero n-nabawasan naman siguro yung sakit na nararamdaman nya.. T-Tinulungan ko syang gamotin yung mga sugat nya.."**

At doon nagbago ang nararamdaman ko.

"Bakit kailangang ikaw ang gumawa nun?" deretsong tanong ko at napabuntong-hininga naman sya.

"Ayaw nya rin nung una.. pero nagpumilit ako.."

"Bakit kailangang gawin mo yun?" seryosong tanong ko pa dahilan para muli nya akong tignan sa mata na agad ko namang sinalubong.

"Dahil sa tingin ko ay obligasyon kong gawin yun.." sagot nya at hindi ko napigilan ang sarili kong mapapikit dahil gusto kong pakalmahin ang sarili ko.

Nung imulat ko ang mga mata ko ay sa iba ko itinuon ang paningin ko at pilit na suminghap ng hangin para wag mailabas ang namumuong galit sa kalooban ko.

Hindi ko maintindihan.. pero pipilitin kong intindihin.. dahil mahal kita..

"Kung hindi nya ako tinulungan non.. baka ako yung napahamak.." dagdag nya at nilingon ko naman sya at saka inis na tinignan sya sa mata**. "Ginawa ko lang yung ngayon dahil naguiguilty ako sa pagtulong na ginawa nya sakin---dahil alam kong yun ang naging dahilan kung bakit nangyari 'to ngayon sa kanya.."**

Napayuko ako sa sinabi nya.

"S-Sana maintindihan mo.." malumanay na sabi nya munit hindi ko sya tinignan. **"Hindi ko kayang makakita ng tao'ng sinasaktan at nasasaktan ng dahil sakin.. Sabihin na nating tanga ako dahil sinasakripisyo ko ang sarili ko para sa mga tao'ng malapit sakin pero.. m-mas gugustohin ko na yun kesa naman tumahimik na lang sa isang tabi at makinig sa kwento nila kung bakit ganon na lang inabot nila.."**

Tumingin ako sa kanya kahit ramdam ko pa ring salubong ang kilay ko..

"Pero hindi mo alam kung ano'ng nararamdaman ko sa twing maririnig ko yan galing sayo.." mariing usal ko habang nararamdaman ko ang dahan dahang pangingilid ng mga luha sa magkabilang mata ko. **"Nasasaktan ako sa twing maiisip kong ginagawa mo 'to para sa ibang tao pero... h-hindi mo man lang naiisip na merong *'ako'* na mamatay na kaiisip kung anong nangyayari sayo?"** at kusang tumulo ang luha ko. **"N-Nag-aalala rin naman ako para sayo, Maxpein.. at n-nasasaktan ako sa katotohanang.. w-wala akong magawa para sayo.."** mariing usal ko pa habang nilalabanan ang titig nya, dahilan para makita ko rin ang dahan dahang pamumuo ng luha sa mga mata nya. **"At hindi ko m-matanggap sa sarili kong.. n-nakakapagsinungaling ka sakin habang kasama mo yung kaisa-isang tao'ng pinagseselosan ko.."**

Napailing sya at napayuko sa sinabi ko..

Nangibabaw ang katahimikan sa pagitan namin at pareho kaming animong nagpapakiramdaman..

"P-Pero iintindihin kita.. Pipilitin ko pa ring intindihin k-ka.." biglang usal ko habang nakatingin sa mga mata nya. **"Kahit minsan.. k-kahit m-minsan h-hindi talaga kita maintindihan---iintindihin parin kita.. Kahit na ginagawa mo yan para kay Randall.."** napahinto ako sa pagsasalita dahil pakiramdam ko ay hihikbi na ako sa sobrang pagpipigil ng emosyon ko. **"...k-kahit ginagawa mo yan para sa kanya---iintindihin pa rin kita.."** muli akong suminghap ng hininga at parang bata'ng pinunasan ang mga luha sa mga mata ko at saka nagsimulang humikbi.

Nanatili syang tahimik sa kabila ng mga pag-iyak ko sa harap nya dahilan para mas masaktan at maging emosyonal ako..

Masyado kang bading, Deib.. Hindi ko alam na nakakabakla pala ang masaktan.. Tch..

Nung makarecover ako ay huminga ako ng malalim at saka tumingin sa kanya..

Sandali kaming nagtitigan at saka ako ngumiti sa kanya at lumapit..

Niyakap ko sya ng mahigpit na mahigpit at hinalikan ang buhok nya..

"Mahal na mahal na kita, Taguro.." naluluha na naman usal ko. **"At dahil mahal kita, naiintindihan ko lahat ng sinabi mo.."** mahinang dagdag ko at ramdam ko naman ang dahan dahang pagyakap nya rin sakin. Napangiti pa ako nung kasunod nung yakap na yun ay dahan dahan ring hinaplos ng mga kamay nya ang likuran ko. Kaya naman pinigilan ko ang luha sa mga mata ko at saka sumeryoso habang nananatiling nakayakap sa kanya. **"Pero isang lapit mo pa sa kanya.. *'malaya ka na'*.."** mahinang usal ko pa dahilan para matigil ang mga haplos na yun sa likod ko.

OceanofPDF.com

CHAPTER 135

MAX'S POV

Hindi ako kailanman natuwa sa sobrang higpit ng yakap nya..

Pero ngayon..

Mahigpit na mahigpit na pero parang kulang pa..

Kung pwede ko lang sana sabihin sa kanyang mas higpitan nya pa ang yakap nya..

Pakiramdam ko ay nabura nang yakap na yun ang lahat ng isipin ko sa buong magdamag..

Pakiramdam ko ay wala akong problema dahil bihag ako ng mahigpit na yakap nya..

Ilang beses na rin akong niyakap noon..

Pero kakaiba sa pakiramdam ang yakap nya..

Amoy na amoy ko ang pabangong nagmumula sa damit nya at ramdam na ramdam ko sa balat ko ang balat nya..

"Mahal na mahal na kita, Taguro.." animong humihikbing usal nya. **"At dahil mahal kita, naiintindihan ko lahat ng sinabi mo.."** mahinang dagdag nya pa dahilan para kusa akong mapangiti habang dahan dahang yumayakap rin sa kanya. Ramdam ko ang sinseridad sa lahat ng sinasabi nya. Ultimong bilis ng tibok ng puso nya ay ramdam na ramdam ko sa dibdib ko. **"Pero isang lapit mo pa sa kanya.. malaya ka na."**

Parang huminto ang tibok ng puso ko..

Pero isang lapit mo pa sa kanya.. 'malaya ka na.

Pero isang lapit mo pa sa kanya.. 'malaya ka na.

Dahan dahan kong naibagsak ang dalawang kamay ko dahilan para kusa syang umalis sa pagkakayakap sakin..

Nananatiling nasa dibdib nya ang paningin ko at ramdam ko ang panlulumo sa buong pagkatao ko..

Ramdam ko ang pagbagsak ng balikat ko at hindi ko na marinig ang tibok ng puso ko..

Nung magawa kong lumunok ay saka ko lang naikurap ang mga mata ko..

Ibinaling ko pa sa kanan ko ang ulo ko bago dahan dahang iniiangat sa kanya ang paningin ko't nagtama ang mga mata namin..

Gusto ko syang tanongin..

Bakit???

Gusto kong malaman ang laman ng puso't isip nya pero.. parang ibang Sensui ang nasa harap ko ngayon..

Kitang kita ko ang halu-halong emosyon sa mga mata nya na sinasabayan naman ng blangkong mukha nya..

At pakiramdam ko, hindi ang dating expressive na Sensui ang nasa harap ko..

Nung maramdaman ko ang nagbabadyang pamamasa ng mga mata ko ay bahagya akong yumuko at iniiwas ang paningin ko sa kanya bago magsalita..

"H-Hindi ko maintindihan.." mahinang sabi ko. **"P-Pero tulad ng sinabi mo.. i-iintindihin ko rin ang n-nararamdaman mo.."** kunwaring ngumiti pa ko. **"Kasi alam kong.. kahit isang milyong beses akong humingi ng sorry ngayon sa harap mo.. h-hindi mababago nun ang nararamdaman mo.."** at saka ako muling tumingin sa mga mata nya. **"P-Pumasok ka na sa loob.. late na, magpahinga ka na.."** mariing utos ko sa kanya kasabay ng pagpipigil ng emosyon ko.

"Ingat ka pauwi.." malamig na sagot nya at saka muling lumapit sakin at hinalikan ako sa noo..

Naipikit ko pa ang mga mata ko habang ginagawa nya yun at muli na lamang iminulat ang mga yun nung dahan dahan syang lumayo, at saka walang lingon lingong naglakad papasok.

Sinundan ko sya ng tingin hanggang sa makapasok sa loob ng bahay at nung tuluyan syang mawala sa paningin ko ay saka ako napahawak sa motor ko at inilabas ang panghihina ko.

Pero isang lapit mo pa sa kanya.. 'malaya ka na.

Aaminin kong matinding takot ang naramdaman ko nung tuluyang kainin ng sistema ko ang linya'ng yon na binitiwan nya. Lahat ng kadalasang nararamdaman ko ay nadoble..

Dobleng *KABA*..

Dobleng *TAKOT*..

Dobleng *PAGTATAKA*..

Dobleng *PAGKAGULAT*..

Dobleng *PANLULUMO*..

Dobleng *SAKIT*..

Nasasaktan ako..

At nasasaktan ako ng higit pa sa naramdaman ko noon.. Ang kabang nararamdaman ko ngayon.. ay parang hindi ko pa rin naramdaman noon..

Napabuntong-hininga ako ng napakalalim na pakiramdam ko ay malalagot ang hininga ko..

At saka tuluyang sumakay sa motor ko at umuwi..

Bahay..

"Mmm.. matamlay ka.. May nangyari, no??" si Naih. Hindi ko sya pinansin at naupo na lang ako sa sofa. **"Mm! May nangyari nga.."** nakangiwi pang dagdag nya. **"Syempre.. hindi na kita pipilitin dahil malamang wala kang ganang kumain.. Hindi rin kita pwedeng kulitin kasi wala ka sa mood.. Hindi na rin ako aasang sasagotin mo ko dahil ultimong pagsasalita ay magiging mahirap para sayong gawin.. Alam ko na yan, saulo ko na yan.. Sige na, take your time, enjooooy yourself.."** sarkastikong sabi nya at saka tumayo..

"Naih.." mahinang usal ko habang nasa lamesa pa rin ang paningin.

Napahinto sya sa mismong harap ko munit hindi sya lumingon at pinakiramdaman lang ako.

"N-Naiintindihan mo ba ako?" mahinang tanong ko munit alam kong rinig nya.

Dahan dahan syang nilingon ako, munit kahit hindi ko sya tignan ay kita ko sa gilid ng paningin ko'ng natigilan sya sa tanong ko. Bumuntong-hininga pa sya at saka tuluyang humarap sakin.

"Naiintindihan saan?" tanong nya.

"Kung bakit ko ginagawa 'to.." mariing sagot ko at napailing naman sya at tuluyang naupo sa tabi ko at tumingin sakin. Nanatili namang nasa kawalan ang paningin ko habang nakaupo't nakasandal sa sofa'ng yun.

Nakailang buntong-hininga't linga muna sya bago tuluyang tumingin sakin at magsalita.

"Bilang kaibigan mo?? Gusto kong maging totoo sayo.. Mahirap kang intindihin, Maxpein.." sinserong sagot nya at napayuko naman ako sa mga kamay ko. **"Pero ako, bilang kaibigan mo--kilala na kasi kita.. Para sakin ay saulo ko na yung mga kilos mo.. hindi ko masasabing saulo'ng saulo ko ang takbo ng utak mo pero---kadalasan ay nahuhulaan ko.. K-Kaso kasi.. sadyang may mga bagay na kahit na valid yung reason, ang h-hirap intindihin.. At mas magiging mahirap sa**

kanyang **intindihin ka dahil kelan lang naman rin kayo nagkakilala.."** dagdag nya at nanatili akong tahimik sa tabi nya. **"Kanina.. hindi alam ni Deib kung san ka pumunta, hindi ko na rin sinabi.. Hindi nya na rin ako kinulit dahil sa tingin ko--alam nya na rin naman talaga.. Kung makikita mo sya kanina, hindi ka maaawa sa kanya.. alam mo kung bakit??"** tanong nya at napatingin naman ako sa kanya. **"Dahil masasaktan kapag tinignan mo sya.."**

Naiiwas ko ang paningin ko sa kanya at pilit na inalala ang mukha ni Sensui kanina bago kami maghiwalay.. at nakuha ko ang ibig sabihin ni Naih.. Makikita mo sa mukha ni Deib na nasasaktan sya at ang sakit na yun ay nakakahawa dahil kahit ikaw, mararamdaman mo ang sakit na yun.

"Mahal na mahal ka nung tao, Max.. Nakikita ko at nararamdaman ko kahit na hindi nya ipakita at iparamdam sakin.. Sa sobrang expressive nya, ultimong yung nagtitinda ng penoy sa kanto mararamdamang in love sya.. K-Kaso kasi hindi ko maintindihan ang puso mo.. k-kung bato ba yan o bakal?? Kasi parang hindi tumatagos sayo yung mga ipinaparamdam nung tao?? Balik ka pa rin ng balik sa ex mo.." emosyonal na dagdag nya kaya naman napapikit na naman ako.

"Hindi ko binabalikan si Randall.."

"Hindi naman literal na binabalikan, Max e.. Y-Yung ganyang ginagawa mo--nakakasakit rin yan.. Kahit pa sabihin nating nandon ka lang kasi nag-aalala ka.. Nandon ka lang kasi kailangan ka nya.. nandon ka lang kasi gusto mong tulungan sya.. Pero kasi Max, pwede mong gawin yun pagkatapos ng klase mo.. Pwede mo ring isama si Sensui kung talagang ayaw mo ring mag-alala para sayo o magselos yung boyfriend mo.. O kaya naman ay magpaliwanag ka ng todo sa kanya kesehodang magalit sya--at least alam nya kung san ka pupunta! Pero nagawa mong magcut ng klase mo para sa kanya?? And worst, boyfriend mo pa ang pinaghintay mo.."

"May tarak ba ng kutsilyo sa katawan si Randall?? May tama ba ng baril?? May basag ba ang bungo?? May bawas ba ang buto----"

"Hindi ko na kailangang hintaying mangyari lahat yan bago ko sya puntahan.."

"Pero hindi ganon kalala ang sitwasyon nya para magmadali kang puntahan sya kesehodang hindi mo mapasukan ang isang subject mo.. Hindi yun major pero the fact na umabsent ka? Wow! Life and death situation ba?? Hindi naman di ba?? Nakauwi pa nga mag-isa e.. Ang

hirap kasing intindihin nung---pagkasampal ni Dein sayo kanina parang.. ***Aleluya! Nagising si Maxpein sa katotohanan'*** **Anong nangyare?? Bakit pagkasabing pagkasabi ni Dein na** ***'nabugbog'*** **si Randall e mas mabilis ka pa sa ambulansya kung lumarga?!"**

HINDI AKO NAKASAGOT!

"Sabihin na nating nag-aalala ka talaga.. E doon sa mararamdaman at iisipin ng boyfriend mo---hindi ka nag-alala?? Nalaman na nga nung tao'ng nagsinungaling tayo sa kanya---dinagdagan mo pa.. Tsk tsk tsk.. Kung sakin nangyari yun?? Nako.. hahahahaha! Maiisip kong hindi ako deserving makatanggap ng explanations mo.. Kasi hindi ka man lang nagpaliwanag e.. hindi mo man lang sinabing.. Deib--ganito ganyan.. kasi ganito ganyan.. sorry talaga kasi ganito ganyan ako e.. Hindi naman siguro mauubos ang dugo ni Randall kapag nagpaliwanag ka muna bago umalis hindi ba?? Ay soooooss.. tinalikuran ka lang---nilayasan mo naman???"

Hindi ako sumagot dahil naiintindihan ko ang sinasabi nya at ayaw kong magpaliwanag sa kabila ng eksplanasyon nya dahil ayokong isipin nyang nagdadahilan lang ako.

"Pakiramdaman mo ang sarili mo, Max.. Sino ba talaga sa kanila ang gusto mo? Sino ba talaga sa kanila ang mahal mo? At kapag nalaman mo na, siguraduhin mo sa sarili mong ***'sya'*** **na nga talaga.. kasi maghirap magsisi sa huli, b-baka mas masaktan ka.."** may bahid ng pagbabanta pa'ng sabi nya at saka tumayo. **"Aakyat na ako, masakit kasi ang puson ko kaya magpapahinga na ako, magpahinga ka na rin.. May pagkain dyan kung gusto mong kumain.. Bukas na lang, goodnight.."**

Nung makaalis sya ay dumukot ako sa bulsa ko at kinuha ang kaha ng yosi ko pero pagbukas ko ay ubos na yun..

Lalo akong napabuntong hininga at pabatong itinapon yun sa labas..

~PLAK~

Napalingon ako sa mesa nung humagis ang isang kaha doon..

Napalingon ako sa gilid ko..

SI YAZ..

Muli kong iniiwas ang paningin ko sa kanya at kinuha ang kahang ibinato nya at saka sumindi ng isa.. Naramdaman ko naman ang paglapit nya at pag-upo sa tabi ko.

"Mahal mo na sya?" tanong nya pero hindi ako sumagot. **"Mahal mo na sya.."**

Tss.. magkapatid nga sila..

"Alam mo ba kung bakit ako nandito??" tanong nya at napalingon naman ako sa kanya habang nagtataka, kaya naman ngumiti sya sakin. **"Para makalimot kahit papano.. Dahil nagbreak kami ng boyfriend ko.."** dagdag nya kaya naman natigilan ako. **"Nagbreak kami dahil sa sobrang katangahan ko.."** muli kong iniiwas sa kanya ang paningin ko. **"Nakakainis rin naman kasi sya, kahit alam nyang nagseselos ka.. parang wala lang sa kanya.."** nakanguso pang sabi nya at saka ngumiti. **"Parang ikaw.."**

Napabuntong-hininga ako ng malakas ng dahil sa sinabi nya at saka inis na nilingon sya!

Sinuklian nya naman agad ang masamang tingin ko ng ngiti!

"Para kang lalaki.." natatawa pang dagdag nya. **"Seryoso, Maxpein.. hahahahaha! Para kang lalaki.. Seessshh!"** sabi nya at saka bumungisngis. **"Ang mga babae.. selosa, iyakin, maarte, maingay, madaldal, makwento, mabutingting, mausyoso, matanong, makulit at higit sa lahat.. maalaga at mapagmahal, ang mga babae rin ay madalas na exaggerated at assuming. konting dikit ni lalake, may crush na sayo.. konting pakilig ni lalake, may gusto na sayo.. Maliit na bagay--pinapalaki.. Konting bagay---iniiyakan.. Konting mali---nasasaktan.. Pero hindi naman mahina ang mga babae, emotional lang talaga.."**

"Tss.. ano bang mga pinagsasasabi mo?" inis na tanong ko.

"Yung mga bagay na wala sayo.." prangkang sagot nya at napailing naman ako at muling natahimik. **"Alam mo.. naiintindihan kita.. I know it's unbelievable pero.. naiintindihan talaga kita.. Nakwento sakin ni Zarnaih yung.. nangyari sa inyo, *'detailed'* na nangyari sa inyo.."** nilingon ko sya at nginitian nya pa ako. **"At wala akong nakikitang masama sa mga ginagawa mo--wala rin namang mali sa ginagawa mo.. Psh! At kailan pa naging masama at mali ang pagtulong sa tao??"** nakangising tanong nya pa kunwari at saka bumuntong-hininga. **"Kaso.. hindi yung mga *'ginagawa'* mo ang mali, Max.. yung *'tao'* mismo ang mali.."** dagdag nya at taka naman akong tinignan sya. **"Kahit pa kasi bali-baliktarin mo ang paliwanag mo at ang kwento---ang *'ex'* ay *'ex'*.."**

"Tss.. akala ko ba naiintindihan mo?" tanong ko pa at saka muling iniiwas ang paningin sa kanya. **"Binugbog sya nung mga tao'ng *'ako'* ang**

pakay---pano ngang naging mali yung tulungan ko sya? Bakit kasi tinitignan nyo yung katotohanang *'ex'* ko sya?? Tss.. talagang magkakaron at magkakaron ng mali dahil nakafocus kayo sa dahilang *'ex'* ko sya.."

"Dahil hindi mo naman na mababago yun.."

"Yun na nga e---hindi ko na mababago pero bakit parating mali?? Tinulungan ko lang yung tao---pero kung mangaral kayo ay parang nagkabalikan na kami!?"

"Dahil tulad nung sinabi ni Zarnaih, inuna mo yun kesa sa mga bagay na importante rin naman sayo.."

"Dahil nag-aalala rin naman ako para don sa tao.. Tss! Naguiguilty ako--okay?!" iiling-iling na sabi ko pa. **"N-Naguiguilty ako dahil pakiramdam ko, kung hindi dahil sakin--hindi sya magkakaganon.."**

"Pero ginusto nya rin yun.. sinundan ka nya di ba?? Edi ginusto nya rin.."

"Pero hindi sya dapat nasaktan ng ganon.."

"So.. ineexpect mo'ng intindihin na lang lahat ni Deib yan?? Iintindihin nya na lang na nag-aalala ka kay Randall dahil naguiguilty ka? Habang sya ay nakatunganga lang at naghihintay sayo at sa mga kwento mo?"

Hindi ako nakasagot..

"E pano sya??" biglang tanong nya at napalunok naman agad ako.

"A-Anong pano sya?"

"Iintindihin ka na lang ba nya?? Titiisin nya na lang ang selos na nararamdaman nya?? Ganon ba??" nakangiti pang tanong nya kaya naman napailing na naman ako.

"H-Hindi naman sa ganon.."

"Nag-50/50 ba yung ex mo??"

"H-Hindi.."

"E 60/40??" sarkastikong tanong nya at tinignan ko na lang sya ng masama bilang sagot. **"See!? Hahahahaha! Pero kung maka-absent ka sa last subject mo--as if it's something urgent?! Psh! Invalid reasoning, Maxpein.. tsk tsk tsk!"**

Hindi ako nakasagot.

"Accept it.. you did something wrong today---"

"I already did say sorry to him.." pigil ko sa kanya.

"Then do it everyday.." natatawang usal nya kaya naman nilingon ko na naman sya. **"Do it everyday until he's no longer jealous.. Make him feel na lamang sya.. na sya talaga.. Kasi kung ako ang tatanognin---sya na talaga! Pinipigilan mo lang yung sarili mo dahil hindi mo pa totally na let-go yung memories nyo nung isa.."** mataray pang utos nya. **"Si Deib na ang mahal mo, masyado ka lang talagang nanghihinayang sa mga pinagsamahan nyo ni Randall at nakasanayan mo na yung feeling na nasasaktan ka dahil sa kanya.."** mariing sambit nya at napalunok na naman ako. **"Everybody thinks you're brave.. but I don't.. I think you're also weak.. Because you hide your feelings---and the truth scares you.."**

Napayuko naman ako at hindi magawang labanan ang mga tingin nya.

"He's jealous because he's scared.. He's scared because he's in love with you.. He's in love with you because you are *'you'*.. You're already in love with him.. all you gotta do is to accept it and then show it.. *'naturally'*.."

Hindi ako nakapagsalita at napatitig na lang sa kanya habang dahan dahan syang tumatayo.

"And.. do it now or just regret it later.. It's just between now and never.. Think and choose.." nakangiting sabi nya pa at saka kinuha ang yosi ko at pinatay yun sa ashtray. **"Goodnight, *'babe'*!"**

Matapos ng usapang yun ay umakyat na ako sa kwarto ko at nagpahinga..

Pero hindi naging ganon kadali sakin ang makatulog..

Hindi ko pa rin maintindihan..

ako ba talaga ang mali??

'Hindi ba nila ako naiintindihan o ako yung hindi makaintindi??'

Litong lito na ko..

Ilang oras akong dilat at ni isang segundo ay hindi nawaglit sa isip ko ang itsura ni Deib kanina..

Sana wag kang sumuko sakin..

♥ K ♥ I ♥ N ♥ A ♥ B ♥ U ♥ K ♥ A ♥ S ♥ A ♥ N ♥

Martes..

Parang hindi ako natulog..

~KNOCK! KNOCK!~

Napalingon ako sa pinto nung may kumatok.

"Max?? Gising ka na ba??" si Naih.

"Oo.." malakas na sagot ko habang nakapikit at nakahiga pa rin.

"Maligo ka na, tapos ay bumaba ka na para makakain na.."

"Sige.." tipid na sagot ko

Bumangon ako't napahilamos sa mukha ko..

Pero isang lapit mo pa sa kanya.. 'malaya ka na.

Pero isang lapit mo pa sa kanya.. 'malaya ka na.

"King inang yan.." mahinang usal ko pa.

Ang bigat bigat ng pakiramdam ko..

Hindi pa naman kami tapos di ba??

Napabuntong-hininga ako sa naisip ko munit hindi man lang napagaan nun ang bigat na nararamdaman ko..

Napapikit ako at napaisip kung ano bang dapat kong gawin..

Kailangan ko pa bang tanongin ang sarili ko kung sinong mahal ko??

Minadali kong maligo at nung matapos magbihis ay hindi ako bumaba agad..

Naupo ako sa kama ko habang nagpupunas ng buhok gamit ang twalya.

Kinuha ko ang cellphone ko at tinignan iyon..

Three Messages Received

Ramdam ko ang pagbilis ng tibok ng puso ko..

Sana maski isa sa tatlong 'to ay galing sa kanya..

Napabuntong-hininga ako at saka pinindot yun..

~Randall~

~Randall~

~Randall~

Nakaramdam ako ng panlulumo nung makita kong kay Randall lahat galing yun..

Hindi ko na yun binuksan pa, ibinulsa ko ang cellphone ko at saka ako bumaba..

"A-Ano ba naman yang itsura mo---magsuklay ka nga!" sigaw sakin ni Naih.

Tinignan ko sya ng masama at saka naupo at sinimulang kumain.

"Mmm.. mukhang hindi magandang ang gising ng bakla.." nakangiwi pang bulong ni Boy pero dinig ko.

"Nako! Nako! Yung mga ganyang drama---pustahan tayo, aabsent na naman yan!" si Beka. Pareho ko silang hindi pinansin.

"Hoy.. tigilan nyo na nga, mukhang bad mood na nga e.." si Yaz.

"Wushuuu.. Aabsent ka na naman sa weekends noh??" pabirong tanong sakin ni Beka.

"Birthday kasi ni Deib yun hehehehehe.." sabat ni Naih. **"Birthday nya sa Sabado.."**

"Aba! Edi kung ganon---umabsent tayong lahat! Hahahahaha! Talaga? Mayaman ang Lolo mo kaya paniguradong bongga ang birthday nyan!" si Beka pa rin.

"Gaga, hindi naman tayo invited.." si Boy.

"Sa special event ng mga Elites, hindi na kailangan ng invitation!" si Beka.

"Gaga! Sa mayayaman nga kelangan ng invitation e! Sating mga mahihirap---bati bati lang, makakakain ka na! Tse!"

"Hahahhahahaha!" at nagtawanan sila.

Nung matapos kaming kumain ay naupo kami ni Naih sa sofa at saka nagsindi ng sigarilyo. Si Beka at Boy naman ay umalis na para pumasok sa TB. Si Yaz naman ay nakaharap na naman sa laptop nya.

"Ano?" si Naih.

Nilingon ko naman sya ng may pagtataka.

"Anong ano?" tanong ko.

"Nakatulog ka ba??" nakangiwing tanong nya at napailing naman ako at saka muling iniiwas ang paningin sa kanya. **"Kasi kasi kasi kasi kasi naman kasi!"** tonong nanunumbat pang pang-iinis nya. **"Ano ba kasing meron sa Randall na yan at parang obligado ka pang puntahan sya!? Ha?! Anong meron sya na wala si Sensui!?"**

"Sugat!" inis na sagot ko at nanlaki naman ang mga mata ni Naih!

"Nabugbog nga di ba?! Tss.." inis na dagdag ko pa at ngumuso naman sya at hindi nakasagot. **"Para sugat lang yung ipinunta ko.. tsk.."** pabulong pang sabi ko.

Matagal syang tumingin sakin at napahinto sya sa paghipak sa sigarilyo.

"S-Sorry na.." nakanguso pa ring usal nya at taka naman akong tinignan sya.

"Para san?"

"E-Engkasi.. a-alam ko namang hindi mo na alam ang gagawin mo tapos kung anu-ano pa ang sinabi ko.."

"Tigilan mo nga ako.."

"Seryoso ako!" nakanguso pa ring sabi nya.

"Tss.. kelangan ko rin ng mga ganong advice nyo.." at saka ako bumuntong-hininga. **"Matapos mo kong bulyawan e---babawiin mo.."** pabulong pang sabi ko at saka na naman sya ngumuso.

"N-Nag-away ba kayo??" nag-aalalang tanong nya at umiling naman ako. **"Ha?! E hindi naman pala kayo nag-away---baket ganyan ang drama mo!?"**

"N-Nalungkot lang ako.."

"Saan naman!?"

"Kasi nalungkot sya.."

"H-Ha?!" natatawang tanong nya pa at sinimangutan ko naman sya. **"Nalungkot ka kasi nalungkot sya?! A-Ang gulo! Bakit naman daw sya malungkot?! Dahil nalaman nyang nagsinungaling tayo sa kanya?!"**

"Nagseselos sya kay Randall.."

"Malamang! Ex mo yun e!"

"At ayaw nya ng lapitan ko pa si Randall.."

"Kaya nga wag mo ng lapitan---"

"May mga bagay na kailangan at may mga bagay ring dapat.. Tss.. Hindi naman sa napipilitan ako pero naramdaman kong kailangang kong puntahan sya kahapon.. Ikaw man ang may sugat ay pupuntahan kita---lalo pa at alam kong damay ako kung bakit nagkaganon ka.."

"Sabagay.."

"Tss.."

"Tsk.. ewan ko ba! May mali pa rin kasi e! Naiintindihan na kita pero ramdam ko sa dibdib kong may mali pa rin!" nakangiwi pang singhal nya.

"Oo at mas madadagdagan ang mali kung hindi pa kayo papasok!"

Sabay kaming napalingon sa likuran nung biglang magsalita doon si Yaz!

"Ang aga aga---love life ang problema?! Nakakaloka kayo ah.." sabi pa ni Yaz at saka kami tumayo ni Naih at dinampot ang mga susi naman. **"Ikaw naman.. kung may problema ka sa jowa mo---wag mong idamay ang buong mundo!"** sigaw nya skain at napapahiyang nginusuan ko naman sya. **"Hindi maaayos yan ng patahi-tahimik mo! Kung ako sayo e kung ganyang naguiguilty ka edi ikaw ang lumapit! Nagawa mo ngang lumapit sa ex mo---sa boyfriend mo pa kaya!? Maiintindihan ka nun at malamang sa malamang.. mas matutuwa pa yun! Aba!"**

"May point si Ate.." nakangising sabat ni Naih.

"Oo at as may point ang mga teachers nyo kapag hindi nya kayo pinapasok sa klase dahil late kayo! Hala! Chupi!" sigaw pa ni Yaz na tinaboy kami papalayo.

Sabay naman kaming naglakad papalabas ni Naih at sumakay sa mga motor namin.

Nakangisi syang nilingon ako at sinamaan ko naman sya ng tingin.

"Minsan kasi.. ibaba mo rin ang angas mo.. Masyado mong pinaninindigan pagiging hambog mo e.." sabay ngiwing usal nya at umalis.

~BRROOOOOOOOOOMM!!!!~

Sinundan ko pa sya ng tingin at saka ko inisip ang sinabi nya.

Tss.. hindi na lang sinabi kung anong pwede kong gawin.. Bugarets rin e...

~BRROOOOOOOOOOMM!!!!~

BIS Parking Lot.

Nilingon ko agad ang parking space ni Sensui pagdating ko.

Nakaramdam ako ng bahagyang lungkot nung makita kong nandon na ang kotse nya..

Hindi nya na ako hinintay..

Kaya naman ramdam ko na naman ang tamlay sa sarili ko habang naglalakad papasok ng Campus.

Pagdating ko naman sa classroom ay nag-usap lang kami saglit nila Naih, Michiko, Migz at BJ, na agad ring naputol nung dumating ang Lec.

DISCUSS.

DISCUSS.

DISCUSS.

DISCUSS.

~RIIIIIINNNNGGGG!!!!!~

LUNCH BREAK!

Mabilis kong inayos ang gamit ko, at habang hinihintay ang mga kaibigan ko ay inilabas ko ang cellphone ko.

WALA PA RIN SYANG TEXT!

Galit ba sya sakin!? Tsk..

Nakakapanlumo ang mga nangyayari para sakin..

Hindi naman ako sanay ng may text sya twing umaga dahil hindi nya naman rin ginagawa yun araw-araw.. pero ngayon ay parang ang wirdo sa pakiramdam..

Pero isang lapit mo pa sa kanya.. 'malaya ka na.

Pero isang lapit mo pa sa kanya.. 'malaya ka na.

Wag naman sana..

"Hoy tara!" biglang sigaw ni Naih kaya naman nanlulumong sumunod ako sa kanila.

Pagdating malapit sa Canteen ay nagpahuli akong maglakad sa kanila..

Hinintay ko munang makapasok silang lahat bago ako pumasok..

Papansinin nya kaya ako??

Hindi ko malaman kung bakit ganito ang mga tanong na pumapasok sa isip ko!

Hindi ko alam kung bakit naduduwag ako..

Natatakot ako..

Natatakot akong baka hindi nya ako pansinin, baka galit sya sakin, baka sinabi nya lang yung kagabi pero ang totoo tinapos nya na pala, baka ayaw nya na sakin, baka hindi nya na ako mahal..

Andami daming pumapasok sa isip ko at hindi ko lahat yun maiwasan!

Bawat tanong na naiisip ko ay nakakapagpadagdag ng kaba ko! Kaba'ng dumadagdag naman sa bigat ng loob ko.

Nakayuko akong pumasok sa loob ng Canteen..

Sana nasa line sya..

"Babe.."

TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!

PARANG GUSTO KONG TUMALON NUNG MARINIG KO ANG PAMILYAR NA BOSES NA YUN!

"Babe??" patanong pang tawag nya sakin

"O-Oh.." naiusal ko lang habang titig na titig sa mukha nya.

"Maputla ka.. okay ka lang??" nag-aalala pang tanong ni Sensui.

Napatitig ako sa kanya at hindi ako nakasagot..

"Babe??" mahinang tawag nya pa ulit. Kaya naman napapikit ako at saka napabuntong-hininga at ngumiti sa kanya.

Nakahinga ako ng maluwag.

"N-Nagugutom lang ako.." nakangiting sagot ko.

"Tsk.. e sino ba kasing may sabing gutumin mo ang sarili mo?!" salubong ang kilay pang tanong nya.

"Ikaw.."

"Ako!? Kailan ko sinabing magpagutom ka??"

"Nagugutom ako, kaiisip sayo.." natatawang biro ko.

"Aiiissshhh.." nakangiwing singhal nya at saka.. **"Hahahahhahahaha!!!! Sigeeee!!! Magpagutom ka pa! Hahahahah!!!!"** malakas na tumawa.

Nakangiting umiling ako sa harap nya at saka muling tumitig sa kanya.

"Bakit hindi mo ko tinext ha??" galit kunwaring tanong ko at sumeryoso naman sya.

Tumitig sya sakin at saka pormal na ngumiti. Ngiting parang pilit munit may konting tamis.

"May magbabago ba kapag nagtext ako??"

Natigilan ako sa tanong nya..

TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!

Anong ibig nyang sabihin??

Hindi ako nakapagsalita at nanatili akong nakatingin sa kanya.

"Mahal pa rin naman kita kahit hindi kita itext hahahahaha!!!!!!"

Siraulo! Tsk!

Napasinghap ako ng hininga nung idagdag nya ang huling linyang yun!

Pakiramdam ko ay huminto ang puso ko sa sobrang kaba!

"Tss.." singhal ko at saka sinenyasan sya papunta sa line. **"Gutom na talaga ako.."** sabi ko pa na hinimas himas ang tyan ko.

Pagdating namin sa line ay sya namang balik ng mga kasama namin sa table kaya naman kami na lang ang um-order ng pagkain namin.

Nung maka-order kami ay saka kami sumabay kumain sa kanila. Pareho lang kami ni Sensui'ng nakikinig sa mga kwentuhan nila.

"Nako.. bulung-bulungan na naman tuloy yung eksena kahapon dito.." si BJ.

"Bakit?" si Naih.

"Yung eksena nyo! Sampal sampalan.." bulong pa ni BJ.

Napayuko't napalunok ako sa hiya.. Pare-pareho kaming nagpakiramdaman nila Naih at Sensui.

"Ano ba kasing nangyari teh??" si Migz.

"Oo nga, bakit bigla na lang pumunta si Ate Dein dito at sinampal si Max??" si Michiko.

Napapahiyang napatingin naman ako kila Lee at Tob na nasa akin rin ang paningin. Nagkatinginan kami ni Sensui at bakas rin ang pagkailang sa mukha nya kaya naman napabuntong-hininga ako at saka ko sinimulang magkwento sa kanila. Walang labis at walang kulang.

"K-Kaya ako umalis kahapon.. pinuntahan ko si Randall.." mahinang usal ko na tumingin pa kay Sensui na nakatingin rin sakin at nakikinig. **"D-Dahil naguiguilty ako.. f-feeling ko kasi, ako yung dahilan kung bakit sya nagkaganon.. p-pero bukod naman sa nag-aalala akong**

baka may nangyaring masama sa kanya ng dahil sakin ay wala na akong ibang dahilan para puntahan pa sya.." pagdidiin ko pa.

"Tsk.. kinakabahan na naman tuloy ako.." malungkot na sabat ni Michiko at agad namang hinawakan ni Tob ang kamay nya.

"H-Hindi naman namin kayo pababayaan e.." si Tob.

"Oo nga pero kasi baby, i-iba e.. I mean, makikita mong h-hindi sila tulad nung ibang bullies, they're different.. may mga gamit sila na nakakatakot.." si Michiko. Hindi naman sya nasagot ni Tob na napabuntong-hininga pa.

"H-Hindi naman tayo pababayaan ni Max e.." sabat ni Naih.

"Tch! Oh e pano naman sya??" inis na tanong ni Sensui sa kanya.

"N-Nandito naman ako e.." nakangusong sagot ni Naih sa kanya.

"H-Hindi naman ako pababayaan ni Randall.." mahinang sagot ko.

"Randall!? Randall na naman??!" inis na tanong sakin ni Sensui.

Napahiya ako sa tanong nya munit aaminin kong may kaunting tuwa akong naramdaman sa puso ko dahil alam kong nagseselos sya.

Bumuntong-hininga pa ako muli at saka nakangiting sumagot sa kanya. **"Sa ganito kasi kami magkasundo ni Randall.."**

"Tch! Saan!? Sa pakikipagrambol!?"

"Oo.."

"Ha?!" inis na namang tanong nya.

"Hahahahaha.. magalit ka kung gusto mo pero totoo yun.." nakangisi pang dagdag ko at sumimangot lalo sya ng todo!

"Hahahaha.. totoo yung sinabi nya, Deib.. kapag si Randall at Max na ang nagsama---akala mo nanonood ka ng action movie!" sabat ni Naih.

"Wala akong pakialam kung magaling sya sa action! Wag syang dumikit sa girlfriend ko---tapos!"

Gulat kaming napatingin kay Sensui sa sinabi nyang yun!

"Hahahaha!!!!" at saka kami natawa sa kanya nung pasiring na nginusuan nya pa ako pagkasabi niyon!

"Ang cute mo magselos.." si Naih kay Sensui.

"Yiiiieeee nakakakilig!" si Michiko!

"Iba ka, Enrile! Hahaha! Tsk tsk.. yung todo deny noon---aminadong aminado ngayon! Tsk tsk! Nakakabilib hahahaha!!!" si Tob.

"If you're always jealous then you're not confident.." nakangising sabat ni Lee kay Sensui na sinalubungan agad sya ng kilay.

"Tch! So what are you trying to say?!" parang naghahamon pang tanong ni Sensui kay Lee na agad ring hinarap sya.

"Jealousy is usually a by-product of insecurity and low self-worth, dre.." nakangising sagot pa ni Lee.

"Wooooaaaahhh.." pang-aasar pa ni Tob sa kanila.

"You have to start building your self-confidence.." dagdag pa ni Lee na lalong ikinasalubong ng kilay ni Sensui.

"M-Manahimik ka nga, Lee! Palibhasa, walang ibang nagkakagusto sa girlfriend mo kaya hindi ka nakakaramdam ng selos!" nakangusong sagot ni Sensui.

"Bwahahahaaha!!!!" malakas kaming natawa munit si Sensui at nakangisi lang habang nakanguso pa rin!

"H-Hoy! S-Sinong may sabi sayong wala?! M-Marami ring nagkakagusto sakin ah!" depensa ni Naih.

"Sabi ni Lee ay wala syang kakumpetensya sayo, wag kang assuming.." si Sensui kay Naih. At natatawa naman kaming lahat na pinanood silang dalawang magbangayan!

"O-Oo nga pero kaya ko sya sinagot dahil sya rin ang gusto ko!"

"Tch! Edi wala ngang ibang may gusto sayo hahahaha!!!"

"A-Ang kapal ng mukha mo! E dadalawa dalawa lang rin naman ang may gusto sayo!"

"Sinong may sabi sayo?!" naghahamon pang tanong ni Sensui kay Naih.

"Bakit?! Bukod kay Kim at Max---sino pang ibang may gusto sayo!?"

I can't believe you just said that!!!!!!!!!!

Ramdam ko ang pag-init ng pisngi ko jaya naman agad akong napayuko at umastang susubo pero..

Pinigilan ni Sensui ang kamay ko sa pagsubo at saka nakangising sinilip ang mukha ko!

Dahan dahang nilingon ko sya at nagtama ang paningin namin! Nakangising tumaas pa ang dalawang kilay nya habang nakatingin sakin na animong nagpapacute!

"A-Ano??" nakangusong tanong ko pa sa kanya pero mas nginisian nya pa ako at saka dahan dahang inilapit ang kutsara ko sa bibig ko gamit ang kamay ko!

"Yiiieeee.. ang sweet sweet!" panunukso pa ni Michiko samin.

At masaya naming pinagpatuloy ang pagkain namin at nung matapos ay sinadya kong bagalan ang paglalakad ko para mahuli kami sa kanila.

"Ano ba yan? Magkasama pa rin sila??" bulong nung isa sa gilid namin.

"Oo nga e! After nung nangyari kahapon? Gawwwdd! Hindi ba talaga sya nahihiya?!"

"Nagtaka ka pa.."

Hindi ko pinansin yung mga narinig ko na halatang hindi narinig ni Sensui'ng nakangiting naglalakad, sinulyapan nya pa ako at saka ngumiti ng todo.

"Ano bang nakakatuwa?" natatawang tanong ko habang nakatingin sa daan papunta sa locker.

"Y-Yung sinabi ni Parrot kanina.."

"A-Alin don??"

"Na may gusto ka sakin.."

"Tss.. h-hindi ba't sinabi ko na rin naman sayo y-yun?? Anong nakakatuwa??"

"Na bukod sakin ay may iba ng nakakaalam na gusto mo ko.." nakangiti pa ring sagot nya. Natawa ako sa iniasta nya, kaya naman napangiti akong nakatingin sa kanya.

Tama nga sila.. Simpleng bagay nga ay tuwang tuwa sya.. ang cute hehehe..

Nanatili akong nakangiti hanggang sa makalapit kami sa locker, mabilis kong binuksan yun at nagpalit ng gamit ko. Nung matapos ay mabilis ko ring isinara yun at saka ako lumapit kay Sensui na ngumiti agad pagkakita sakin.

"Mmmm.." paunang usal ko kaya naman nilingon nya ako habang naglalagay ng gamit sa bag nya. **"May gagawin ka mamaya?"** tanong ko napaisip naman sya.

"Wala naman, bakit?"

"Idedate kita.."

"T-Talaga??" gulat na tanong nya at tumango naman ako agad kaya hindi makapaniwalang napangiti sya. **"S-Seryoso ka??"**

"Mmm.." nagpipigil rin ng ngiting tugon ko.

"B-Bakit?! Hahahahahaha.. Bakit biglaan naman yata??"

"Bigla ko lang ring naisip e.." nakangiting sagot ko pa at tumitig naman sya sakin at hindi mawala ang mga ngiti sa mukha nya.

"Tayong dalawa lang??" nakangiti pa ring tanong nya.

"Gusto mo ba tayo lang?" tanong ko at tumango naman sya. **"Edi sige.."**

"Hehehehehehe.. Wala ng bawian yan ah??" excited pang tanong nya.

"Tss.. sige, magkita na lang tayo mamaya.." natatawang bulong ko.

"Wala ng bawian yan, babe ah??"

"Oo nga.."

"I love you.." bulong nya pa at sinagot ko naman sya ng kindat.

"Mauna na kami.." sabi ko at tinalikuran sya.

"I love you ulet.." mahina munit dinig kong pahabol nya.

Nakangiting napailing ako habang papalapit kila Naih.

Pagdating sa classroom ay hindi na ako mapakali kaiisip kung anong pwedeng gawin sa date na yun!

Hindi ko na matandaan kung panong ginagawa sa mga date, tss..

DISCUSS.

DISCUSS.

DISCUSS.

BREAK.

"15 minutes lang naman ang break, wag na tayong bumaba.." si Naih.

"B-Bakit??" takang tanong ko.

"E tinatamad ako e.. andami ko rin kasing nakain kanina.."

"Ako rin.." si Michiko.

"Oo nga, isang subject na lang naman, uwian na.." dagdag ni BJ.

"Ikaw, Max? Baka gusto mong bumaba??" si Migz.

"G-Gusto mo bang bumaba??" tanong ko sa kanya.

"Hindi na, may bread at juice naman ako dito e hehehehehe.. tinatanong lang kita.."

"A-Ahh h-hehehehe.. H-Hindi na.. hindi ako gutom.." napilitang sagot ko.

At nagsimula silang magkwentuhan habang ako naman ay kinuha ang cellphone ko at nagsimulang magtext kay Sensui.

Compose Message

To: ~Sensui~

Woi, hindi kami bababa.

Ayaw na nilang bumaba.

Busog pa rina ko.

Nagtext lang ako kasi
baka hanapin mo ko sa
Canteen. Kumain ka
dyan. See you later.
Message Sent!
Maya maya lang..
~BEEP!~
One Message Received
~Sensui~
Yung date natin mamaya,
hindi pwedeng magbago.
Heheheheheheheh!
3:50pm
Compose Message
To: ~Sensui~
Oo nga.. d^_^b
Message Sent!
One Message Received
~Sensui~
Pati yung feelings mo sakin
hindi pwedeng magbago
hahahahahaha! Ikamamatay ko!
d=DDDDD
3:51pm
Compose Message
To: ~Sensui~
Ang korni mo!
d-.-b
Message Sent!
One Message Received
~Sensui~
Nasasabi mo lang yan kasi
in love ako sayo.. d=)))
3:52pm
Compose Message
To: ~Sensui~

Okay.
Message Sent!
d--,b

Hindi na nya ako sinagot matapos nun kaya naman nakinig na lang ako sa kwentuhan ng mga kasama ko.

"Yiiieee excited na ako sa isusuot ko sa birthday ni Deib, seriously.." si Michiko, nakinig naman kaming lahat sa kanya. **"Kilala naman kasi ng parents ko ang family nila Deib, hindi man super close, magkakilala naman hihihihihi.. So nung sinabi ko sa kanila na aattend ako sa birthday party ng unico iho ng mga Enrile ay natuwa pa ang Mommy ko, and guess what?!"**

"What??" silang lahat maliban samin ni Michiko, nanatili lang akong nakikinig sa kanila.

"Si Mommy pa ang bumili ng dress na isusuot ko!" excited na sagot ni Michiko.

"Woooowww, for sure mamahalin yan!" si BJ.

"Ano pa nga ba?? Hahahaha.. maraming kilalang designers ang Mommy ko e.." si Michiko.

"Dating artista kasi ang Mommy nya.." dagdag pa ni BJ. **"Kaya naman hindi na nakakapagtaka kung bongga ang isuot mo.. hindi na exciting yan teh, wag ka ng feeling special.."**

"Hmpt! Hihihihihi! Syempre excited ako sa sasabihin sakin ni Tob!"

"Nakuuuuu.. syempre sangkatutak na papuri ang sasabihin nun sayo! Nobyo e! Alangan namang laitin ka nya di ba?! Hiya na lang nya sa mamahaling dress mo.." si BJ at nagtawanan sila.

"Ikaw Naih, anong isusuot mo??" baling ni Michiko kay Naih at napabuntong-hininga naman ako.

Bakit ba yan ang topic nila?! Tsk..

"Nako.. hahahahaha!!!" malakas na tumawa si Naih.

"Ayyy.. paniguradong may maitim na balak ito.. Maggagown ka teh??" biro ni BJ sa kanya!

"Hoooyyyy! Excuse me noh! Nandyan yata ang Ate ko!" taas-noong sabi pa ni Naih.

"Oh e ano naman ngayon?? Sya ba ang aattend para sayo?? Hahahhaha!" si BJ.

"Tuleg! Hahaaha! Sya ang magdadamit sakin nun! Heheheheheehe.. Paniguradong eepal yun at hindi papayag na magmukha akong

kahabag habag sa enggrande'ng party na yan!" taas-noo pa ring sambit ni Naih.

"Wooooowwww.. e panong pananamit naman kaya ang isuot nya sayo?? Yung tipong ang palda e nasa ulo?? Hahahahaha!!!" biro pa ni BJ at nakitawa silang lahat.

"Ssshhhkkk.. sa pagkakakilala ko naman sa Ate ko ay hindi ko pa nakitang panget ang pananamit nun hahahahaha! Lintek ng tindahan nga lang ang pupuntahan naka-long gown pa e! Yun pa kaya'ng party! Kaya panigurado akong hindi nya hahayaang magmukha akong katawa tawa doon! I'm sureeee pakikialaman nya ang pananamit ko at ang pagmumukha ko! Lalagyan nya ng kung anu-anong kolorete hanggang sa *'ako'* ang maging center of attraction sa party na yun! Nyahahaha!!!!" si Naih.

"Nako teh, if I were you.. maggagown ako! Syempre, bonggahan ang mga bisita ng Deib Lohr! Paniguradong maraming pasyon don!" si Migz. Taka naman kaming napatingin sa kanya.

"Anong pasyon?" takang tanong ko.

"Pasyon! Pasyonista! Ano pa!?" nakangiwing sagot ni Migz.

"True.. paniguradong pinamura na ang Gucci sa mga aattend na party people ng BIS.." sabat ni BJ.

"Oh ikaw teh??" baling sakin ni Migz. **"Ikaw ang special sa guest sa Sabado---paniguradong ikaw ang Face of the Night!"**

Natatawang nginisian ko na lang sya.

"Ayy teh! Wag mo kong tinatawa-tawanan ng ganyan dahil dalawang bagay lang ang matatanggap mo sa gabing yun! At sayo nakasalalay kung anong gusto mong matanggap! It's either, papuri o pangungutya! Hm!" si Migz.

"Hahahahaha as if may pakelam ang isang yan!" turo sakin ni Naih. **"Laitin mo man magdamag yan e daig mo pa nakipag-usap sa bato!"**

"Hahaha! Pero seryoso teh?? Anong isusuot mo??" nakangiti munit seryoso ngang tanong ni Migz.

~KNOCK! KNOCK!~

Sabay sabay kaming napalingon sa pinto..

"Hala.. ang birthday boy..." bulong ni BJ.

"Hi Babe!!!!"

Napakamot ako sa sintido sa malakas na tawag nya'ng yun!

"Hala! Babe daw! Ohhh!" si BJ.

"Hahaha ako yata yun teh!" si Migz.

"Antayin mong kumbulsyunin ang Deib teh, baka sakaling matawag ka ring Babe.." pang-aasar ni BJ kay Migz at saka muling bumaling kila Sensui. **"Pasok! Pasok!"**

At pumasok nga yung tatlo. Sa harapang pinto ang dinaanan nila kaya naman pinagmasdan ko pa si Sensui habang papalapit samin, nasa bandang dulo kami ng classroom na yun.

"Hi Michiko!" si Tob.

"Hi Tobi!! Yiiiieeeee..." si Michiko.

Si Lee naman ay lumapit agad kay Naih.

"Hi Sweetie.." bati ni Lee sa kanya.

"Eeeeeehhh ano ba! Hapo'ng hapon oh.." si Naih.

"Huh??"

"Joke yun--anu ba!"

"Harujusmeh bakla.. ending, ikaw na naman ang love life ko.." biro ni Migz kay BJ.

"Kadiri ka bakla.. hahaha.." si BJ.

"Taray mo mandiri ah.." singhal pa ni Migz sa kanya.

At saka ko naman nilingon si Sensui na ngiting ngiti pa ring nakatingin sakin.

"Dinalan kita ng snacks.." si Sensui.

"Yiiiieeee angsweeetttt!!!" si Michiko.

"Dinalan rin naman kita.." sabi pa ni Tob kay Michiko. Nakangiting nilingon ko naman si Sensui.

"Anong oras na ah.. baka ma-late kayo sa klase nyo.." nakangiting sabi ko kay Sensui, Eksaktong nagsipasukan naman ang ibang classmates namin na agad nagbulungan pagkakita sa kanila.

"Yun nga ang masaya e hahahaha.. wala na kaming klase!" nakangiting sagot ni Sensui sakin.

"Eh? Bakit?"

"Wala si Miss e.. hehehehe.."

"Mmm.."

"Hihintayin kita dito ah?" tanong nya na nakaturo sa labas ng room.

"Tss.. hindi pwede yun.."

"Bakit naman hindi pwede?!"

"Nabasa ko sa Student's Manual na hindi pwedeng tumambay ang estudyante'ng walang klase sa harap ng mga estudyanteng

nagkaklase.."

"Maliban kay Deib Lohr Enrile.." mayabang na dagdag nya.

"Hahaahaha!!!" at nagtawanan naman silang lahat.

"Tss.. hindi na, don nyo na lang kami hintayin sa baba.."

"Ayoko nga!" nakangusong sabi nya pa at saka ngumisi sakin. **"Ilang beses mo na akong pinanood sa klase ko e.. ikaw naman ang papanoorin ko ngayon.."**

"Eh?!"

"Oh bakit??"

"H-Hindi na.."

"Hehehehehehe bahala ka.. dito lang kami hehehe.. Sino bang Lec nyo??" baling pa ni Sensui kay Migz.

"Si Miss Mendel hehehehehehehe.. Values Ed ang subject.." si Migz.

"Suuuuusss! Si Miss Mendel naman pala e! Oh eto chips.." sabi nya na binuksan pa ang chips para sakin. **"Oh eto.. inumin mo.."** at saka nya binuksan ang bottled softdrinks. **"Kainin mo yan sa harap ko hehehehehe.."**

"Aaaaahhh ang sweet sweet nyong tignang dalawa.." si Fhey, classmate namin. **"Kayo na ba??"** tanong nya samin ni Sensui na umakbay bigla sakin.

"Bagay ba kami??" nakangising tanong ni Sensui sa kanya.

"Hindi hahahaha!"

Sabay kaming gulat na napatingin sa kanya.

"Talaga??" nakangising tanong ni Sensui at saka unti-unting sumeryoso. **"Oh sya.. kunin mo na lahat ng gamit mo at magdrop ka na.."**

"J-Joke lang e---"

"Kilala ba kita para magjoke sa harap ko!?"

"H-Hindi---"

"Umalis ka sabi sa harap ko.." utos ni Sensui sa kanya.

"J-Joke lang naman e.." nakasimangot na sabi pa ni Fhey.

"Wag mo ng takutin.. alanganin na nga grades nyan e.." sabat ko at sumimangot naman si Fhey sakin.

Pinagpatuloy ko na lang ang pagkain at ngumiti na naman si Sensui sakin.

"Dito na lang ako ah??" nakangising bulong nya pa.

"Don ka na sa baba.." seryoso'ng sabi ko at saka sya ngumuso.

"Bakit ba ayaw mo ko dito?"

"Dahil matutuon lang sayo ang atensyon ko.. Aaaahhh.." sabi ko pa na inutusan syang ibuka ang bibig nya na ikinagulat nya.

"A-Ahhh.." pigil na naman ang mga ngiting sabi nya pa nung ibuka nya ang bibig nya at saka ko isinubo ang isang chip sa kanya. **"Ang sweet natin.. heehe.."**

"Tss.."

Ilang minuto lang ang lumipas ay biglang pumasok ang Lec na agad namang nabaling ang atensyon samin.

"Mmm.. Seniors? What are you doing here?" si Miss.

"Sit-in, Miss!" sagot ni Tob.

"In Junior Class???" takang tanong ni Miss.

"If possible, Miss!!!" sagot ni Tob at nagtaka naman lalo ang Lec.

"Tss.. umalis na kayo.." bulong ko pa kay Sensui.

"Hindi papalag yan.. dito lang ako, gusto kitang makasama e.." nakangising bulong nya pa sakin.

Tumitig ng masama sa kanilang tatlo si Miss at saka bumuntong-hininga.

"Go to your seats.. And you Seniors, sit at the back.."

"Yes Miss!!!" sigaw pa nilang tatlo at saka naupo sa likuran ko.

"And please be quiet.."

"Yes Miss!!!"

"Good afternoon class!!!" bati ni Miss samin at tumayo naman agad kaming magkakaklase.

"Good afternoon Miss!"

"Sirawn!!!"

SITDOWN DAW!

At saka sya nagsimulang magklase.

"Okay class, our topic for today is about Happiness. And we're going to discuss, Human Relationship here.." sabi pa ni Miss habang nagpapalakad lakad sa harap at isa-isang tumitingin sa klase. **"You have to answer questions about happiness! What makes you happy? Why are you happy? Who makes you happy? Do you make anyone happy?"** nakangiti pang dagdag nya. **"You don't need to take down notes because this is more on recitation, you will be answering me indiviually.."** nakangiting sabi nya pa na huminto sa gitna at saka ngumiti. **"Are you ready??"**

"Yes Miss!!" sagot ng lahat.

"Very good.. Let's start with.... Agripa! Where is Gavin Migz Agripa??"

"Y-Yes Miss??" si Migz. Tumayo ito at napapakamot ng ulo'ng tumingin kay Miss.

"Are you happy, Mr. Agripa??"

"O-Of course, Miss.."

"What makes you happy??" nakangiting tanong pa ni Miss na iniready ang record book nya pencil.

"Mmm.. Family and Friends, Miss.."

"Okay.. How does your family and friends makes you happy??"

"They complete me, Miss.."

"By doing what??"

"B-By making me happy, Miss.."

"Bwahaahahaha!!!!!" malakas na tumawa yung tatlong ugok sa likod!

"Seniors?!" galit na sita ni Miss sa kanila.

"S-Sorry, Miss!!!!" sigaw pa ni Tob at saka muling bumungisngis.

"Okay Mr. Agripa, your next question is.. Do you make this people happy??"

"My Family and friends, Miss??"

"Yes.."

"Of course, Miss!"

"How do you make them happy??"

"By telling them a joke hehehehehe.." natatawa pang sabi ni Migz. **"Other people might get offended with my jokes, but never my family and friends.. Seeing them laughing makes me happy hehehehehehe.."**

"Wow, you're such a nice friend and a family, Thank you Mr. Agripa, sirawn.."

"Thank you, Miss.."

Matapos ang limang estudyante ay si BJ naman ang tinawag ni Miss.

"Next.. Buenvenito Jose Talucod.." tawag ni Miss kay BJ.

"Yeeeyyss Miss!" malanding sagot ni BJ na agad ding tumayo.

"Do you want to make yourself happy??" nakangiting tanong ni Miss sa kanya.

"Of course, Miss.. everybody wants to be happy.."

"Then, can you tell us, how do you make yourself happy??"

"Mmm.. I'm really frustrated about being intelligent, Miss. I want to be someone who's admired by many because of intelligence, but as I go

on with my studying, I have noticed that I'm not reaching my own expectations. So my friends inspired me and now I'm very much motivated and studying very well, I'm making myself happy by reaching my goals. I may not be as intelligent as my friends, but I'm happy that I'm improving.."

"Taray maka-english ng bakla---daredaretso! Woi teh, check mo ang napkin, baka nandon ang mga dugo!" biro pa ni Migz kay BJ.

"Very very good Mr. Talucod, I'm happy with your answer.." papuri pa ni Miss sa kanya. **"You may sirawwwn..."**

"Thank you, Miss.."

"Next.. Michiko Tarranza.."

"Yooon!!!" sigaw pa ni Tob. Napayuko naman si Michiko.

"What is Happiness for you, Miss Tarranza??"

"Mmm.. for me Miss, happiness is a special feeling.." nakangiting sagot ni Michiko at nakangiti rin kaming pinanood sya.

"Special feeling?? Hmmm.. interesting.. And why is that??"

"Because it's the feeling I get after making a decision, Miss.." ngumiti pa muli si Michiko. **"I also believe that happiness is liking what you get.."**

"Wow, that's a very good answer.. And how do you show your happiness??"

"By smiling Miss, hihihihih.. I show my happiness by smiling naturally! If I smile, they'll smile back.. Then I'll feel happy and they'll be happy, too.."

"Aaahhh.. that's cute.. Okay Miss Tarranza, sirawn.."

"Thank you, Miss hihihihihi.."

Ilang estudyante pa muli ang tinawag saka tinawag si Naih.

"Zarnaih Marchessa??"

"Yes, Miss!"

"Are you happy with your personality??"

Napalingon ang lahat kay Naih na napaisip naman sa tanong ni Miss.

"Yes, I think I am, Miss..??" patanong pang sagot nya. **"Yes, of course, I'm happy with my personality, Miss.."** biglang bawing sagot nya.

"What is it about your personality that makes you happy??"

"Mmm.. Being veracious, Miss??"

"Veracity.. Hmmm.. okay?? So?"

"It's my way of speaking my mind--being honest and frank most of the time.. I'm happy whenever I'm the telling the truth, and it makes me unhappy wnenever I'm not.. Just as simple as that, Miss.."

"Very nice.. I'm very impressed with your answers, ha?? Very nice.." sabi pa ni Miss na tumingin sakin. At nakangiting tinaasan ako ng kilay. **"But I'm very much interested with your answers, Miss Del Valle.."**

Tumayo ako at hindi na inantay na sensyasan nya pa.

"You know what class?? Nung una kong tawagin si Maxpein para magrecite---hindi ko talaga nagustohan ang paraan nya ng pagsagot sakin.." nakangiti pa ring sabi ni Miss. **"Pero hindi ko makuwang magalit.. Bakit??"** nakangiting tanong pa nya kunwari sa mga kaklase ko at saka muling tumingin sakin. **"Kasi hindi ko sya narinig na gumagamit ng paggalang sa salita.. pero nararamdaman ko naman yun sa kanyang tono ng pananalita.."** may bahid ng paghangang sabi nya pa sakin.

Napayuko ako dahil nakaramdam ako ng bahagyang hiya..

Nung muli kong iangat ang paningin ko sa kanya ay lampas na ang tingin ni Miss sakin kaya naman napalingon pa ako kay Sensui na kangitian naman si Miss..

Tss..

Tumingin na ulit ako kay Miss at muli syang ngumiti sakin.

"Are you able to make him always happy??" nakangiting tanong ni Miss na ikinagulat kong talaga!

"E-Eh??" naiusal ko pa.

"Are you able to make *'him'* always happy??" pag-uulit nya pa! Hindi ko naman malaman kung bakit napalingon ako kay Sensui at saka takang tumingin kay Miss!

"W-Who??" utal pang tanong ko.

"Kung sinong pumasok sa isip mo.." nakangising sagot ni Miss.

"Tss.." mahinang singhal ko pa at saka bumuntong-hininga. **"Y-Yes, Miss.."**

"Yiieeee!!!!"

"Kyaaaa!!!!"

"Yaaaa!!!!"

"Uy!!!!"

Biglang nanukso ang buong klase, kasama na sila Tob at Lee!

"Quiet, class.. Quiet.." nakangiting suway pa sa kanila ni Miss at saka muling tumingin sakin. **"Is he able to make you always happy??"**

Napailing ako't naiiwas ang paningin ko sa kanya!

King inang yan.. Jahe!

"Miss Del Valle??"

"A-Ahh.. Y-Yes, Miss.."

"Yes, what??"

"He's a-able to make me happy.."

"Always??"

"M-Most of the time, M-Miss.."

"Hmmm.. you sound nervous.."

"I a-am not, Miss.."

Napapalunok na ibinaba ko na naman ang paningin ko.

Pakiramdam ko ay ngiting ngiti na si Sensui ngayon sa likuran ko!

Sanay man akong magmukha syang tanga kangingiti pero ewan ko ba kung bakit ganito ang pakiramdam ko ngayon! Tsk! Kabawasan 'to sa angas, shet!

"Do you have any particular happy memories in the past, Miss Del Valle??"

Nanlaki ang mga mata ko habang nakatuon sa buhok ng kaharap ko ang paningin ko at saka ako dahan dahang napatingin kay Miss..

Demmit.. Nananadya ba sya?!

"Why do you wanna know?" pigil ang inis na tanong ko at nagulat naman si Miss, munit deretso pa rin akong nakatingin sa kanya.

"Part of our discussion, maybe?"

Naiiwas ko ang paningin ko sa kanya at saka bumuntong-hininga.

"Miss Del Valle---"

"Yes, Miss.." pigil ko sa pagtawag nya at saka muling tinignan sya.

"You do?" nakangiti pang tanong nya kunwari at saka naglakad bahagya papalapit sakin at saka muling tumango at ngumiti. **"Hmmm.. What is it about your past memories that makes you happy??"** nakangiting tanong nya pa.

"Everything in the past makes me happy.." sagot ko.

"Hmm.. Like??"

"Like forgetting everything.."

"H-Huh??" takang tanong ni Miss.

"What I can only recall is the feeling of being happy in the past, not necessarily the individual moments that brought me happiness.."

"Ooohhh.. pang-Miss Universe ang sagot ng bakla, teh.." dinig kong bulong ni BJ.

"Inter-Barangay, teh.." bulong ni Migz sa kanya.

"Wooohh.." mahinang naiusal pa ni Miss sa buntong-hininga nya at saka ngumiti. **"Masyadong mabigat.. Hahahahahaha! You always give me satisfying answers that doesn't directly answer my questions, Miss Del Valle.."** papuri nya pa at saka ngumiti ng malaki. **"Thank you, sirawn.."**

Naupo ako at saka ako nakahinga ng maluwag..

Nanatiling tahimik yung tatlo sa likod ko hanggang sa matapos ang klase.. Naunang naglabasan ang mga kaklase ko at kasunod nun ay sila Naih at iba pang mga kasama namin. Hindi ko nakita si Sensui nung sumabay palabas sila Lee at Tob sa kanila. Kaya naman nung maiayos ko ang gamit ko ay pasimpleng nilingon ko si Sensui..

Pero nakatingin na sya sakin!

And worst... NAKANGITI PA SYA SAKIN!

Tss.. kung makangiti naman---akala mo naintindihan..

"Tara.." yaya ko sa kanya at tumayo naman sya habang nakangisi at pailalim pa ang tingin sakin! Bahagya pa akong napalayo sa kanya nung pasugod nyang ilapit sakin yun mukha nya! **"A-Ano ba'ng ginagawa mo??"** kabadong tanong ko pa!

Munit hindi sya sumagot at pasugod nya pa ring inilapit sakin ang mukha nya dahilan para mapaatras ako ng bahagya at maatrasan ang upuan ko! Kaya naman naitukod ko ang kanang kamay ko sa arm rest ng upuan ko at saka dahan dahan lumayo patalikod sa kanya habang papalapit naman ng papalapit sakin ang mukha nya!

Ano bang ginagawa nya!

Napalinga ako sa buong room at kaming dalawa na lang ang tao! Tumingin ako sa labas ng classroom pero naglakad na sila papalayo!

Wag nya sabihing... h-hahalikan nya ako dito!?

NAPAPIKIT AKO SA NAISIP KO!

"Bakit ba... hindi mo na lang sabihin saking *'mahal'* mo ko? Kailangan mo pa ba talaga akong unti-untiin ng ganito??" mahinang tanong nya dahilan para dahang dahang maimulat ko ang mga mata ko at halos maduling ako sa lapit ng mukha namin.

"E-Eh??" bingi-bingihang tanong ko.

"Mahal mo na ako, Taguro.." nakangising sabi nya habang kumikinang ang mga mata nya sa paningin ko. **"Mahal mo na ako??"**

"A-Ano bang sinasabi---"

"Mahal mo na ba ko??" nakangisi pa ring tanong nya!

"T-Tigilan mo nga ako---"

"Mahal mo na ako, no??"

"M-Manahimik ka sabi---"

"Mahal mo na ba ako?!"

"A-Ano ba nangangalay na ko!" inis na sigaw ko at itinulak sya ng bahagya. **"U-Umalis ka nga dyan.."** sabi ko pa at saka tinalikuran sya.

"Hehhehe.. Naiilang ka sakin?? E boyfriend mo ko.." sabi nya na hinila na naman ako at malumanay na iniharap sa kanya, iginala nya pa ang paningin nya sa kabuuan ng mukha ko. **"Mahal mo na ko??"**

"Paulit-ulit ka naman e!"

"Tch! E ni isang beses hindi mo naman sinagot!" nakangusong sigaw nya at saka sinamaan ako ng tingin at muling ngumisi. **"Tsk tsk tsk.. Taguro.. Taguro.. Taguro.. Hahaha---"**

"Masyado kang maingay!"

"Mahal mo na ko.. hehehehehe.."

"T-Tss.. tara na.."

"Tignan mo na? Idedate mo pa ko.. hahah!"

Siraulo..

OceanofPDF.com

CHAPTER 136

DEIB'S POV

Kitang kita ko na kung paanong mailang sakin si Taguro!

Hehehehehehe..

Nakikita ko sa kanya ang sarili ko noon!

Hahahahahaha!!

Nung hindi ko pa maaming may gusto ako sa kanya!

Bwaahahhahahaha!!!!

Ang sarap pala sa pakiramdam hahahahaha..

Nawala ang kaba sa dibdib ko..

Kanina, habang tinatanong sya nung Lec nila ay hindi man lang bumagal ang tibok ng puso ko!

Kinabahan ako sa tanong ni Miss!

Pero hindi ko akalaing ganito ang magiging epekto sakin nung sagot nya..

Alam ko, hindi naman patungkol sa akin ang isinagot nya..

Para nga sakin ay patungkol pa rin yun sa nakaraan nya..

Pero dahil sa sinabi nya..

Ngayon, sigurado na akong naka-move on na sya! Hahahaahaha!!!! At wala ng mas sasaya pa don sa ngayon!

Nakangiti akong sinulyapan sya sa side mirror ng kotse ko.. Kasalukuyan na kaming papunta sa Mall nila Tob para sa aming SOLO DATE! Kanina ay simula nung umalis kami sa room nila, hanggang sa makarating sa locker.. Maglakad papuntang Parking Lot.. at magpahanggang sa ngayon---HINDI NAWALA ANG MGA NGITI SA AKING MAPUPULA'NG LABI!

Yeaaaahh!!!! Hahahahaha!!!!

At naiisip ko pa lang na masosolo ko sya ngayon, iba na yung tuwang nararamdaman ko hehehehe!

Sana ganito kami araw-araw hahahaha!

Ilang minuto pa naming tinahak ang daan at nung makarating kami ay agad nya akong sinalubong sa labas ng kotse ko. Kunwari namang sinimangutan ko sya.

PAV Mall. Parking Lot.

"Tch.. pamotor motor pa kasi e.. Tigilan mo na nga yan--susunduin kita araw-araw sa inyo.." nakangusong utos ko sa kanya.

"Wag na.."

"Masyado kang magastos sa gas--alam mo ba yun? Ha? Kaya wag mo ng dalhin yan, araw-araw kitang susunduin at ihahatid sa inyo.."

"Tara.."

"Taguro.."

"Oh??"

"Susunduin kita araw-araw.. ihahatid rin kita araw-araw---"

"Paulit-ulit ka na naman---masyado ka talagang maingay!" salubong ang kilay na singhal nya!

"Dahil mas makabubuti para sating dalawang ang gawin yon!" sagot ko at binigyan nya naman ako ng WTF-look!

Nginitian ko sya ng malaki hanggang sa maningkit ng sobra ang mga mata ko..

"Bukod sa magiging mas sweet tayo sa isa't isa.. mababawasan pa yung oras ko kaiisip sayo.. Tapos bago tayo maghiwalay ay araw-araw mo ring sasabihin saking mahal mo na ako.." nakangisi pa ring dagdag ko.

"E-Eh?!"

"Hahahahaha!!!!" malakas na tinawanan ko sya at saka ako umakbay sa kanya. **"San mo gustong kumain??"**

"Kahit saan.."

"Gusto ko may sagot.. Saan mo gustong kumain??"

"Kahit nga saan.."

"Tsk! Ano ba namang klaseng date 'to?!" inis kunwaring tanong ko sa kanya! **"O sige.. pumasok na lang muna tayo heheheheheehe.."**

At pumasok nga kami sa loob ng Mall.

Tulad ng nakasanayan ko na ay kaliwa't kanan na naman ang lingunan sakin ng mga girls..

"Tsk.. grabe, andaming tumitingin sakin!" mayabang na bulong ko pa sa kanya at natawa naman sya, munit hindi nagsalita. **"Ganon ba talaga ako ka-gwapo, Babe??"**

"Mmm.."

"Talaga?? Gwapo ako??"

"Oo naman.."

"Talaga?? Talagang talaga??"

"Nakailang gramo ka ba ngayon at ang hyper mo?" malumanay na tanong nya habang nakangisi at lilinga linga sa bawat stall na madaanan namin.

"Hehe. Ayaw mo nun? Sayo lang ako ganito??" biro ko pa at hindi naman sya kumibo. **"Nagugutom na ko, Babe.."**

"San mo ba gustong kumain?"

"Ikaw nga.. san mo ba gusto??"

"Ano bang paborito mo?"

"Bakit ako ang tinatanong mo? Ikaw ang gusto kong masunod, dahil ikaw ang Boss ko.."

"Pareho tayong Boss dito.." nakangising sagot nya at nangiti na naman ako ng todo.

"Sige.. Mmm, meron akong alam na Restaurant dito na.. hehehehehehe!" binigyan ko sya ng nakakalokong tingin. **"Romantic.."** dagdag ko.

"Tss.. e bakit ganyan ang tingin mo?"

"E kasi sabi sakin.. Romantic lahat ng tao don.. romantic rin daw ang buong lugar, ang music.. at sabi nila, kahit yung mga foods na sineserve nila ay romantic rin.. hehehehe! Ibig sabihin, magiging romantic tayo.."

"Tss.." natatawang singhal nya. **"Hindi ka pa nakakain don?"**

"Mmm.. hindi pa.." iling ko.

"Tara??" nakangiting tanong nya at saka inialok na naman ang kamay nya kaya naman ngiting ngiti na namang tinanggap ko yun.

"Napapadalas ang paghawak mo sa kamay ko ah??" nakangising biro ko habang nakatingin ng deretso sa nilalakaran namin.

"Babawasan ko na ba?"

Gulat na nilingon ko sya!

"T-Tch! Kahit kailan---wala ka talagang sweetness sa katawan!" inis kunwaring singhal ko sa kanya at natawa naman sya kaya nakitawa rin ako. Bumuntong-hininga pa ako bago muling nagsalita. **"Ang sarap kasi sa pakiramdam.. h-hindi mo kasi 'to ginagawa sa harap ng maraming tao.. Mmm.. nasanay akong twing tayong dalawa lang--don lumalabas ang sweetness mo.."**

"Dalawa lang naman tayo ah??" nakangiting tanong nya.

"H-Ha??" takang tanong ko at saka tumingin sa dami ng taong nakakasalubong namin. **"A-Andami kayang tao.."** dagdag ko at ngumisi naman sya at saka itinuon ang paningin sa nilalakaran.

"Ikaw lang ang nakikita ko e.."

Ang mga puso, Deib! Ang mga puso.. Hahhahaha!!!! Taguro.. Taguro.. Taguro.. Tsk tsk tsk..

"Talaga naaaammaaaann, Taguro---mahal ko.. Hehehe!!!" nakangiting sabi ko pa na ultimong yung kasabay naming maglakad na magsyota ay nilingon ako at tinanguan ko naman sila! **"Ayos ba??"** nakangiting tanong ko pa sa magsyota.

"Hehehehehe.." tawa nila sakin.

"Ang gwapo nya, hon.." sabi nung babae.

"Manahimik ka nga dyan.." inis na sabi nung lalaki at saka sila naglakad papalayo.

Muli kong nilingon si Taguro na ngingisi ngisi habang sa daan nakatuon ang paningin.

"Bakit nakangiti ka, Babe??" nangingiti ring tanong ko.

"Nagselos yung syota nung babae.. haha.."

"Hahahahaha.. sinabihan akong gwapo nung babae e.."

"Naniwala ka naman??"

"Tch.. Kahit naman ayaw kong paniwalaan--kitang kita naman!" mayabang na sabi ko pa at ngumisi naman sya. **"Eto na.. dito na yon.."** sabi ko na itinuro sa kanya yung Resto na sinasabi ko.

"Healthy Heart: Romantic Steak House??" patanong na basa nya don sa pangalan nung Resto at saka lumingon sakin at nginitian ko naman sya.

"Mmm.." nangingiting sagot ko at taka naman syang tinignan ulit ang pangalan nung Resto. Inakbayan ko na sya at saka inalalayan papasok. **"Let's go.."**

"Good afternoon, Ma'am--Sir.." bati nung guard samin at sabay naman kami ni Taguro'ng tinanguan sya.

"Good afternoon.." bati namin pareho sa kanya.

"Good afternoon, Ma'am.. Sir.. Welcome to Healthy Heart the Romantic Steak House.. A table for two, Sir??" nakangiting salubong samin nung waiter.

"Yes please.." sagot ko.

"This way, Sir.." sabi nya na ginabayan kami.

Gulat kaming nagkatinginan pa ni Taguro nung makita naming may mga candles ang bawat table!

"I will be right with you, Ma'am, Sir.." yung waiter ang umalalay kay Taguro na makaupo kaya naman naupo na ako sa harap ni Taguro. Mabilis na inilapag ng waiter sa harap namin ang dalawang menu at saka muling ngumiti samin. **"Here's our Menu.."**

Napalinga pa ako sa paligid namin at bahagyang napangiti sa sobrang pagkabilib dito. Nakakabilib kung paanong mas nakadagdag pa sa pagiging romantiko ng lugar na iyong ang kasimplehan ng bawat design at style ng buong Resto. Simple lang ang table setting at ang mga gamit, munit yung kaisa-isang kandila'ng yun na nakapaloob sa isang bilugang disenyo ay sadyang nakakamangha sa paningin.

"What do you want to have?" maya maya'y tanong ko kay Taguro. Nananatili namang nakatingin sa amin ang waiter sa gilid ko.

"Mmm.. Desserts ang gusto ko.." sagot nya na muling tumingin sa Menu. **"I'd like to try this Chocolate Fondue, please.. and this Chocolate Puff Pastry.."** nakangiting sagot ni Taguro kaya naman lumingon ako sa waiter na agad na lumapit sa aming nakangiti.

"What can I get you, Ma'am, Sir??" nakangiti pa ring tanong nung waiter.

"Mmm.. One Chocolate Fondue, two Chocolate Puff Pastry, two steak with herb sauce, and two Chocolate Brownies With Ice Cream and Raspberry Sauce.." nakangiting dikta ko sa waiter.

"Okay, let me repeat it Sir, that's one Chocolate Fondue, two Chocolate Puff Pastry, two steak with herb sauce, and two Chocolate Brownies With Ice Cream and Raspberry Sauce, Sir.."

"Yes please.."

"How about your drinks, Ma'am, Sir??" nakangiting tanong pa rin nung waiter.

"Ahh yeah.. Mmm, two black forest mocha.." dagdag ko pa.

"I got that, Sir.. I'll serve you in a minute, Sir.."

"Thank you.."

"Please enjoy your stay.." sabi pa nito at saka umalis.

Kaya naman nakangiting tumingin ako kay Taguro na nakatingin na rin sakin..

"Andami mong in-order.." sabi nya pa at bumuntong-hininga naman ako.

"Gusto ko dyan sa tabi mo.." nakangiting sabi ko at nagsalubong naman ang kilay nya.

"Bakit?" pormal na tanong nya.

"Gusto ko---malapit ako sayo e! Bakit!?" mayabang pang tanong ko.

"Tss.."

"Ayaw mo kong katabi??" malungkot kunwaring tanong ko.

"Gusto ko lang na nakikita ko ang mukha mo.. Hehehe.."

"Tch.. Ayaw mo kong katabi!"

"Para ka talagang babae.." singhal nya.

"Biro lang e.. Hehehehehe!"

"Good afternoon, Ma'am, Sir.. Let me serve you our Romantic Tarts for appetizers.." biglang singit ng isang waitress kaya napalingon kami sa kanya.

"Oh.. thank you.." sabi ko pa.

"Please enjoy your stay.." nakangiting sabi pa nito bago umalis ulit.

"Ang astig ah.." nangingiting sabi ko pa habang nakatingin don sa sinerve nung waitress.

Kulay brown ang hugis puso'ng tart na pinaliguan ng pula'ng syrup.

Nakangiting tumingin ako kay Taguro..

"Babe.."

"Mmm?" walang emosyong tanong nya paglingon sakin.

"Dito ka sa tabi ko.." nakangiting utos ko munit walang nagbago sa reakson nya. **"Dali na.. dito ka sa tabi ko.."**

"Wag na---"

"Dito ka na!"

"Tsk.."

"Bubuhatin kita??"

"Tss.."

"Dali na.." nakangiting pagpipilit ko pa at tumayo sya kaya naman tumayo ako at ako ang bumuhat nung upuan nya at saka itinabi yun sakin. mabilis naman lumapit samin yung waitress at inalalayan kami.

"Let me help you, Sir.." nakangiting sabi pa nung waitress na inalalayan paupo si Taguro at saka isa-isang inilipat sa harap ni Taguro yung mga plates.

"Thank you.." sabi pa ni Taguro sa kanya nung makaalis na yung waitress. **"Tss.."** singhal nya pa sakin nung paglingon nya sakin ay nakangiti agad ako sa kanya.

"Ang sweet natin, di ba??" nakangiting tanong ko pa.

"Tss.. bakit ba napaka-big deal sayo ng sweetness??"

"Tch! Malamang!" nakangusong sagot ko sa kanya. **"Kasi, sa ganong paraan maipapakita mo rin yung importance sayo nung isang tao--maipaparamdam mo rin yung feelings mo sa isang tao.."**

"At ganito yung sweet sayo?" tanong nya pa.

"Sweet na sweet na sakin 'to! Hahahahahaha.."

"Para kang babae.."

"Tch! Para ka namang lalaki!"

"Edi bading ka nga??"

"A-Anong bading?!"

"Tss.. babae ang mahilig sa ganitong roma-romantic! Sating dalawa ikaw pa ata ang mahilig sa ganitong lugar.. Babae lang rin ang mahilig sa patabi-tabi at---"

"Tsk.. wag ka na ngang angal ng angal?? Sinisira mo yung pagiging romantic natin e hehehehehehe.." biro ko pa at saka tumingin sa tart na binigay samin. Kinuha ko ang isa at saka humarap muli sa kanya. **"Aaaahh.."** sabi ko pa na inutusan syang ibuka ang bibig nya para masubuan ko sya.

"A-Ahh.." usal nya pagkabuka nung bibig nya at saka ko nakangiting isinubo sa kanya ang isa.

"Masarap??" nakangiting tanong ko pa at ngumuya nguya naman sya.

"Mmm.." sagot nya, kaya naman kumuha ako ng isa at sumubo rin..

"Mmm, it's delicious.." tatangu-tangong sabi ko pa na sinulyapan pa ang tart na yun.

"Mas masarap pa rin ang desserts ng Mommy mo.." sabi ni Taguro kaya naman nilingon ko sya at nginitian.

"Mommy natin.." sabi ko pa at ngumiti naman sya. **"Sa Sabado.. i-ipapakilala na kitang girlfriend ko ah??"**

"Hindi pa ba nila alam?"

"H-Hindi ko pa sinasabi.." sagot ko.

"Mmm.."

"Kaya nga ipapakilala na kita hehehehe.. Mas gusto ko yung kasama kita kapag sinabi ko.."

"S-Sige.." utal na sagot nya at saka kumuha nung tart at sumubo ulit.

"Kinakabahan ka no?? Hehehehe.."

"H-Hindi naman.."

"Gusto ka ng family ko, you don't really have to worry.."

"Hindi nga ako kinakabahan.."

"Tch.. kaya pala nauutal ka! Hehehehehe.."

"Y-Yung isusuot---don ako k-kinakabahan.."

Gulat akong napatingin sa kanya at saka napaisip.

"Bakit ka naman kinakabahan??" tanong ko.

"H-Hindi ko alam kung anong isusuot ko e.." nakayukong sagot nya at napaisip naman ako.

Ano namang nakakakaba sa suot??

Hindi nya alam ang isusuot nya at kinakabahan sya??

I don't get it!

Hindi ko na sya nagawang tanongin pa dahil biglang lumapit samin yung waiter na kumuha ng orders namin at yung waitress na tumulong samin kanina nung lumipat sa tabi ko si Taguro. Isa-isa nilang inilapag sa table namin yung orders namin.

"Enjoy your orders, Ma'am.. Sir.." nakangiting sabi pa ng mga ito.

"Thank you.." sabay naming sagot ni Taguro sa kanila.

"Welcome, Ma'am, Sir.. You really look good together.. Please enjoy you stay.."

"Thank you so much.." sagot ko pa at saka sila umalis.

Sinimulan ni Taguro'ng tignan isa-isa yung pagkain. Kinuha ko naman yung fork and knife nya at saka iniabot ang mga yun sa kanya.

"Unahin mo yung steak.." nakangiting utos ko pa at sumunod naman sya. Agad syang humiwa ng maliit at nakangiti naman akong tinignan sya.

Napalitan ng gulat ang mga ngiti ko nung matapos nyang humiwa ng isa at humarap sya sakin at inilapit sa bibig ko ang hiniwa nyang steak..

"A-Ahh.." gulat na nainganga ko na lang ang bibig ko at saka nginuya yun at ngumiti sa kanya. **"Nagiging sweet ka talaga ng todo ah?"** natatawang sabi ko habang ngumunguya.. **"Mmm..masarap.. I like it.."** sabi ko pa at saka iniakbay ang isang kamay ko sa upuan nya at pinanood syang humiwa ulit at sumubo ng isa. Tatangu-tango pa sya habang ninanamnam ang lasa nito. **"You like it??"**

"Mmm.. nanunuot ang lasa.. Hehehehe.." nakangiting sabi nya pa.

"I like it here.."

"I like you.."

Nabigla ako sa mabilis na isinagot nyang yun! Natawa sya sa reaksyon ko at saka ngingiti ngiting nagtuloy sa pagkain samantalang ako ay

napapangiting gulat pa rin sa kanya.

"Tsk tsk.. lumalala ka na Taguro! Hahahaha.. Mahal mo na talaga ako, noh??"

"Tss.. may sinabi ba ko?"

Tch! Badtrip talaga 'to.. tsk!

"Minsan mas magandang manahimik kesa sabihin mo ang nararamdaman mo'ng hindi naman naiintindihan nung tao.." ngingisi ngising sagot nya.

"I don't get it.." takang sagot ko.

"See?? Hahahahaha.." bahagyang tawa nya at saka nilingon ako. **"Sa ngayon.. mas gusto kong sabihin sayong.. masaya ako at kasama kita.."** nagpipigil ng mga ngiting dagdag nya kaya naman lumabas rin ang mga ngiti sa mukha ko. **"I don't think you understand how easily you make me happy.."** ngiting ngiting dagdag nya pa at parang tumalon na naman ang puso ko!

"Hahahahahahaha!" malakas na tawa ang naisagot ko! **"T-Talaga???"**

"Mmm.." nakangiting sagot nya pa at saka umastang animong nag-iisip. **"Yung marinig ko pa lang yung boses mo--kahit gano ka pa kalayo, natutuwa nako.."** bumuntong-hininga pa sya. **"Kapag hindi na kita kasama.. iniisip ko na kung pano mo ko mapapasaya kinabukasan.."**

"Aiiiisssssshhh!!! Hahahahahahahahahahahahahaha!" hindi mapigilan ang kilit na naiusal ko pa! **"Bakit ngayon mo lang sinasabi yan!"**

"Tss.. Hahahaha!"

"Alam mo bang ganyan rin ako!?"

"Oo.."

"A-Alam mo?!" gulat na tanong ko.

"Tss.. makita mo nga lang ako---lintek na ang ngiti dyan sa mukha mo e.."

"Tch! Ang yabang mo.. Hahahahahaha!"

"Talaga naman.."

"Hahahahahahaha! Tch! E anong magagawa ko?? Yun talaga yung nararamdaman ko.. at wala akong pakialam kung magmukha akong tanga hahahaha! Masaya ako kapag nakikita kita.."

"Kaya kumain ka na.. para marami pa tayong mapuntahan mamaya.." nakangiting sabi nya.

"San naman tayo pupunta??"

"Dito pa rin.. Pero pwedeng may iba naman tayong gawin.. Pwedeng.. maglaro sa Game Zone.. Manood ng sine.. Magtingin ng kung anu-ano.."

"Gusto mong manood ng sine??" nakangiting tanong ko.

"Pwede.."

"Nood tayo??"

"Oo kaya bilisan mo.."

Sinimulan kong kumain habang panay pa rin ang sulyap sa kanya.. May oras na kinukulit ko pa rin sya dahil sa ganong paraan ko lang nailalabas ang tuwang nararamdaman ko.. Pakiramdam ko ngayon ay napakasaya ko at wala rin akong ibang nakikitang tao bukod sa kanya..

Bawing bawi ka Taguro hehehe!

Sa isiping yun ay muling sumagi sakin yung usapan namin kagabi..

Napabuntong-hininga pa ako at palihim na sumulyap sa kanya habang sya naman ang nakangiti habang ngumunguya at nakatingin sa kinakain nya.

Ano kayang naramdaman nya don sa sinabi ko??

Pero isang lapit mo pa sa kanya.. malaya ka na..

Natigilan ako sa isiping yun..

Bakit ko nga ba sinabi yun?? Saan ko nakuha ang sinabi kong yun?! Tsk!

Bahagya akong nabahala..

Ano kayang naramdaman nya??? Huhuhuhu..

Ang totoo ay magdamag rin akong isip ng isip kagabi..

At ang totoo ay galit talaga ako kahapon.. Pero hindi ko magawang ilabas ang galit ko ng basta basta..

NATATAKOT AKO.

Natatakot akong baka isipin nya ay magiging ganon kadali para sa akin ang bitiwan sya..

Kung alam mo lang Taguro.. Baka mamatay ako kapag nangyari yon.. Hindi ko pa man naipaparamdam sayo'ng mahal talaga kita.. binantaan na kita ng ganon!

Katangahan.. Tsk!

Pero hindi ko rin naman masisisi ang sarili ko dahil talagang nasaktan ako.. Nasasaktan ako.. At naging totoo lang ako sa sarili ko.. Sinabi ko sa kanya ang laman ng utak ko at para sakin ay patas lang yun.. Sadyang napaka-***SELFISH*** lang talaga ng dating..

"Anong iniisip mo?"

Gulat akong napatingin sa kanya sa biglaang tanong nyang yun!

"H-Ha??" naiusal ko.

"Anong iniisip mo?" pag-uulit na naman nya at napatitig naman ako sa kanya habang nag-iisip.

Wala akong maisip na pwedeng idahilan! Napailing ako at naiiwas sa kanya ang paningin ko!

"Anong iniisip mo??" muling pag-uulit nya munit bahid na ang pag-aalala sa tono nya.

"Y-Yung kahapon.." mahinang sagot ko at natahimik sya.

Tsk! Ayan ka na naman Deib! Siraulo ka talaga! Ang saya saya na nang paligid---sinisira mo pa!

"Ano yung kahapon?" tanong nya pa at nilingon ko naman sya.

"A-Ahh h-hehehehe.. w-wala.." utal na sagot ko habang hinihiling sa isip ko na sana ay balewalain nya na lang ang sinabi ko.

"Yung sinabi mo sakin bago tayo maghiwalay??"

"A-Anong maghiwalay!? Wala naman akong s-sinabing m-maghihiwalay tayo---"

"Tss.. bago tayo umuwi!"

"A-Ahh.."

Hindi ko maipaliwanag ang biglaang kaba'ng nangibabaw sa dibdib ko.

Pano ba namin pag-uusapan 'to?! Tsk! Sinabi ko na sa sarili ko kagabi'ng kalilimutan ko na 'to dahil talagang ayaw kong mag-away kami! Ayokong malungkot sya at mas lalong ayokong malungkot ako! Hindi ko matitiis na wala sya kaya naman iintindihin ko lahat! Iintindihin ko sya! Napag-isipan mo na yan kagabi Deib---bakit iniisip mo na naman ngayon!

Bading ka talaga! Huhuhuhu!

"Alam mo bang..." biglang usal nya kaya naman napalingon ako sa kanya. **"...k-kung si Randall man ang boyfriend ko ngayon at.. kung halimbawang kaaway pa rin kita ngayon.."** tumingin sya ng deretso sa mga mata ko kaya naman napalunok ako habang kitang kita ko ang pagiging totoo nya sa mga mata nya. **"Kung halimbawang sayo nangyari yung nangyari sa kanya kahapon---pupuntahan rin kita.. kahit magselos pa sya.."**

Hindi ako nakasagot!

"Kasi yung sitwasyon kahapon.. *'magulo'* kung titignan mo pero.. masasabi kong tama naman yung ginawa ko.." dagdga nya at nanatili naman akong nakatingin sa kanya. **"Hindi ko naman pinuntahan si**

Randall dahil mas mahalaga sya sakin kesa sayo.. Oo, nag-aalala ako.. Pero hindi ibig sabihin nun ay mas importante sya sakin kesa sayo.. Ang totoo, hindi ko kailanman nagawang pagkumparahin kayo.. dahil yung katotohanan pa lang na dalawang magkaibang tao kayo ay sapat na saking dahilan para sabihing--iba sya--iba ka.." at saka sya bumuntong-hininga. "**Yung sitwasyo'ng yun kahapon ay hindi ko talaga inaasahan.. at hindi ko kailanman hiniling na mangyari.. Nagulat ako, nag-alala, kinabahan.. pero lahat naman kasi yun ay normal na maramdaman mo kapag ganong *'napahamak'* ang isang tao..**" tumingin sya muli sakin at naiilang na sinalubong ko naman ang mga tinging yun. "**Alam ko.. hindi ko maiaalis sayo yung magselos sa kanya, kasi nga naman, ex ko sya.. Pero ginawa ko lang naman yun kasi alam kong *'ako'* yung dahilan kung bakit inabot nya yung ganon.. kung bakit sya nabugbog.. Biruin mo, pupuntahan nya na nga lang yung girlfriend nya---nabugbog pa sya?? Tss.. tapos nung sugurin ako ni Dein, sasabihin nya saking kapag nakita ko si Randall ay *'akin'* na sya?? Tss..**" iiling-iling pa'ng sabi nya.

"**S-Sinubukan ko rin namang i-isipin yung dahilan mo kung bakit ka pumunta don.. h-hindi ko lang talaga maiwasang magselos..**"

"**Alam ko.. Kung ako rin ang tatanongin, alam kong magseselos ka kapag pinuntahan ko sya.. Ayaw ko mang magselos ka pero.. alam ko namang mabugbog man o hindi si Randall, kapag nakita mo sya kahit tayong dalawa pa ang magkasama---magseselos ka..**"

Hindi na naman ako nakasagot!

Napayuko ako at wala sa sariling napahiwa sa steak at saka mabilis na isingubo yun at nginuya!

"**Nag-aalala ako para sa kanya.. dahil kilala ko yung mga tao'ng gumawa nun sa kanya..**" muli syang tumingin sakin. "**Kilala ko sila Yago at Mallyu, alam ko kung hanggang saan ang kaya nilang gawin.. Masyadong sarkastiko at brusko magsalita si Randall kapag ganong mga tao ang kaharap nya.. Pareho kasi kaming takaw-gulo..**" natawa pa sya ng bahagya at saka bumuntong-hininga. "**Pero n-nakalimutan mo na ba??**" tanong nya pa kaya naman mas tumitig ako sa kanya. "**Nung panahong hindi pa tayo---sa twing sila rin ang makakaharap mo, hindi naman ako nawawala sa tabi mo di ba??**"

Hindi lalo ako nakasagot!

"W-Wag mo sanang isiping sinusumbatan kita.. hindi yun ang ibig kong sabihin.. Ang gusto kong iparating sayo.. kahit na sinong tao'ng kilala ko ang napahamak.. meron at meron akong gagawin.. dahil may kaya akong gawin.. H-Hindi lang naman puro gulo ang kaya kong pasukin.. kaya ko rin namang mag-alaga ng tao'ng napahamak---lalo na kung dahil sakin.."

"T-Taguro.." naiusal ko at ngumiti naman sya.

"Hindi ko sinasabi 'to para utusan kang wag ng magselos.. sinasabi ko 'to para malaman mo kung bakit ko ginawa yun.." at saka sya muling bumuntong-hininga. "**Magselos ka lang kung yun talaga ang nararamdaman mo.. p-pero.. w-wag naman sanang m-mawala sakin yung t-tiwala mo.."** seryosong seryosong usal nya dahilan para matigilan ako..

Nanatili kaming nakatingin sa isa't isa at ramdam ko ang panginginig ng mga kamay ko sa kaba..

At hindi ko maintindihan kung saan nagmumula ang kaba'ng nararamdaman ko..

"Alam nya na ring *'tayo'* na.. s-sinabi ko na kagabi.." dagdag nya kaya naman mas nagulat ako!

"A-Anong sabi nya??"

"Wala.."

"W-Wala?!"

"Tss.. ano ba'ng dapat nyang sabihin??" biglang ngising tanong nya.

Hindi ako nakasagot kaya naman bahagyang natawa sya!

"Hahaha.. Kelangan ba'ng may masabi pa sya??" natatawang tanong nya.

"H-Hindi naman sa ganon.."

"Tss.. hindi ko kailangan ang opinyon nya.."

Mabilis na tumakbo ang oras..

Halos isang oras ang nakalipas bago kami natapos kumain.. Kung gaano kalaki ang mga ngiti ng mga crew ng Resto ay ganoon rin kalaki ang mga ngiti nila nung paalis na kami. Matapos kong bayaran ang bill ay inalalayan ko si Taguro'ng tumayo. Nasinghap ko pa ang pabango nyang nakasanayan ko ng maamoy..

Hindi man lang ginamit yung perfume na niregalo ko! Tsk!

"Thank youuu, Ma'am! Sir! Please come again.." sabay sabay na pahabol pa nung mga crew bago kami tuluyang makalabas.

Sabay naman kami ni Taguro'ng tinanguan sila at saka nginitian at tuluyang lumabas.

"Anong gusto mong panoorin??" tanong nya pa habang nasa escalator kami.

"Love story hehehehehe.."

"Tss! Hahahahahahaha!"

"B-Bakit? Hahahahahahahaha!"

"Horror!"

"A-Anong horror?! Tch! Gusto mo lang yumakap sakin e! Gusto ko love story hehehehehe.."

"Bading!"

"Gusto mo lang magpahalik e! Hahahaha! Love story!"

"Whatever.."

"Mas gusto kong makita kang kiligin hehehehehehehe.."

"Tss.." singhal nya at saka ko sya inakbayan at naglakad kami papunta sa Cinema..

"Eto.." sabi nya habang nakaturo don sa Now Showing.

"Ano yan!?"

"Runaway Bride!"

"A-Anong klaseng palabas yan?!" inis na tanong ko!

"Hahaah mukhang maganda!"

"Ayoko nyan!"

"Tss! Yan lang naman ang magandang panoorin! Makaluma ang isang 'to at musical naman ang isang yan!" turo nya sa ibang Showing. **"Kaya eto na lang.. hehehehe!"**

"Ayoko nyan!" tanggi ko pa.

"Maganda yan.. tara!" sabi nya na hinila ako kaya wala akong choice kung hindi ang magpahila sa kanya!

Mabilis syang pumunta sa ticket lane kaya naman inilabas ko ang wallet ko at saka---

"Ako na.." sabi nya at tatanggi pa sana ako pero kinuha na nya ang sukli nya at saka ibinulsa yun!

Iiling-iling naman akong nginusuan sya!

"Enjoy your movie date, Ma'am, Sir!" bati pa nung Cashier.

"Thank you.." sagot pa ni Taguro at saka muling hinila ako papasok.

Medyo maliwanag pa nung pumasok kami dahil hindi pa nagsisimula ang movie..

Medyo maingay rin dahil andaming tao'ng manonood..

Medyo malamig dahil mukhang itinodo na ang aircondition dahil sa dami ng nandoon..

Medyo wala ng mauupuan!!

Umakyat kami sa taas at doon bumungad sakin ang napakarami'ng couples na manonood rin.. Naglakad sa unahang hilera si Taguro kaya naman sinundan ko sya hanggang sa makarating kami sa gitnang parte nang unahang hilera.

Napalingon ako sa kanila..

"Dito tayo.." dinig kong sabi ni Taguro kaya naman liningon ko sya at saka tumingin sa itinuro nya..

Dadalawa na lang ang bakanteng upuan doon at pareho'ng couple ang nasa magkabilang sides..

Naupo bigla si Taguro kaya naman napatingin ako sa katabi nya..

"D-Dito ka..." utos ko pa sa kanya nung makitang lalaki ang makakatabi nya..

Babae yung katabi nya don sa side na yun kaya naman mas okay na yun!

Hehhehe..

Naupo ako sa tabi nya at saka tuminingin sa malaking monitor.

"Yiiiieeee!!! Ano ka ba, Reejane! Sigurado akong si Deib ang nakita ko!"

Natigilan ako nung biglang marinig ko mula sa likuran ang pangalan ko!

Hanggang dito ba naman!? Tsk..

"Oo, Cherrie! Sigurado ako, ano ka ba! Si Deib yun!"

"Hindi nga?!"

"Oo! Promise! Hindi pa naman ganon kadilim para magkamali ako, noh!"

"E sino yung kasama nya?!"

"Si Taguro, sino pa ba!?"

"OMG.. sila na talaga?!"

"Malamang.."

"Nakakainggit naman.."

Nilingon ko si Taguro at sa sobrang lapit ay napansin nya yon, kaya naman nilingon nya rin ako..

Tinitigan ko sya kaya naman bahagyang nailang pa sya.

"Alam mo bang.. nung huling nood ko dito, nandito ka rin??" mahinang tanong ko, bahagyang napaisip naman sya.

"Ahh.. yung nasapak ka??"

Tch! Sa dami ng pwedeng maalala---yun pa! Tsk! Kahit kailan..

"Bakit ka nga ba sinapak nun??"

"H-Hindi ko na matandaan e hehehehe.." palusot ko.

"Tss.."

"Nakita kita non dahil sa sobrang ingay ni Parrot.."

"Tss.. nagagalit na sa kanya yung mga katabi namin, kasi wala pa mang ginagawa yung kalaban sa bida--sumisigaw na sya.."

"Hahahaha spoiler.." natatawang sabi ko pa. **"Kahit san mo naman yata dalhin yun si Parrot e maingay lagi!"**

"Mmm.. hindi yun makatiis ng hindi magsasalita.. Minsan nga ay mas maigi pang wag mo syang patatahimikin, kasi lalo syang nag-iingay.. Hayaan mo lang syang magsalita.. kusa naman yung nananahimik kapag nangangalay na panga nya kadadada.."

"Hahahahaha.. kabaliktaran mo?"

"Pano mo nasabi?"

"Sobrang tahimik mo e.."

"Hanggang ngayon ba??"

"Mmm.. hindi na.. Nabago na ba kita??"

"Tss.. asa.."

"Hahahaha.." tawa ko pa sa kanya at saka dumilim ang paligid. **"Dito ka sakin.."** mahinang sabi ko pa at kahit madilim ay kitang kita ko ang gulat sa mukha nya.

Pero bakit ako pa rin yung kinikilig!? Hahahahahahahahahahahahahahahahaha!!! Di bale ng bading dre! Masarap naman yung feeling! Bwahahahaahahahaha!!!!!

Malumanay kong inilapit ang katawan ni Taguro sakin..

Hindi man sya nakayakap sakin, nakaakbay naman ako sa kanya at nakasandal sya sakin..

Ang bilis bilis ng tibok ng puso ko dahil bago sakin ang sitwasyong ganito..

Pero gayunpaman..

Hahahahhahaha! Tsk tsk tsk..Taguro.. Taguro.. Taguro..'

At saka nagsimula ang palabas..

Runaway Bride is a 1999 American romantic comedy film starring Julia Roberts and Richard Gere. A MUST WATCH MOVIE! d^_^b*

Ang unang scene na pinakita ay nangangabayo si Julia Roberts habang naka-Wedding Dress.. Halatang may tinatakasan sya..

Natatawang inilapit ko ang mukha ko sa pisngi ni Taguro at saka bumulong..

"Kaya pala gusto mo yan ah.. kababae'ng tao, nangangabayo ng nakapalda.. Tsk tsk.."

"Wag kang maingay.."

"Tch.."

****TSUP!****

Kiniss ko ang pisngi nya..

La.. La.. La.. Hahahha!!! La.. La.. La..

Maya maya pa..

Maggie Carpenter: *Is there one 'right' person for everyone?*

Ike Graham: *No, but I think attraction is mistaken for rightness.*

"Babe.." nakangiting bulong ko sa kanya at nilingon pa nya muna ako bago sinagot.

"Mmm..??"

"Are you looking for me??"

"Eh!?"

"Are you looking for me??"

"Why?"

"Because I'm Mr. Right.."

"Leche..!!"

Tsk! Wala talagang sweetness sa katawan amp!

Nakangusong itinuon ko na lang ang paningin ko doon sa palabas..

Maggie Carpenter: *I love you, Homer Eisenhower Graham. Will you marry me?*

Ike Graham: *I... I've got to think about this a little bit.*

Maggie Carpenter: *Good. I was hoping you'd say that.*

Ike Graham: *[laughing] You were not!*

Maggie Carpenter: *I was, because if you said "yes" right away, then I wouldn't get to say this next part, and I've been practicing. [Maggie sits down, clears her throat]*

Maggie Carpenter: *Ready?*

Ike Graham: *I'm listening.*

Maggie Carpenter: *I guarantee there'll be tough times. I guarantee that at some point, one or both of us is going to want get out. But I also*

guarantee... [starts to cry] ..that if I don't ask you to be mine, I'll regret it for the rest of my life. Because I know in my heart... you're the only one for me.

Look, I guarantee there'll be tough times. I guarantee that at some time, one or both of us is gonna want to get out of this thing. But I also guarantee that if I don't ask you to be mine, I'll regret it for the rest of my life, because I know, in my heart, you're the only one for me..'

Hindi ko alam pero pumasok si TAGURO sa isip ko!

Bahagya kong nailapit pa lalo sya sa katawan ko..

Naramdaman ko naman ang paglingon nya kaya dahan dahang nilingon ko rin sya at saka ako ngumiti..

"I love you.." bulong ko pa at saka hinalikan ang ilong nya.

MAX'S POV

Matapos naming manood ng movie ay may isang oras pa kami bago magsara ang Mall..

Nananatili syang nakaakbay sakin habang naglalakad kami papalabas ng Cinema..

"Gusto mong kumain, Babe?" tanong nya na inayos pa ang buhok ko.

"Hindi, busog pa ko.. Tara sa Game Zone.."

"Ha?? Anong gagawin natin don?"

"Maglalaro.. Kaya nga Game Zone e, hehehehehe.."

"Ahh.. edi mahal mo na pala ako?? Kaya nga Date 'to e.. Hehehehe.."

GUSTO KO SYANG BIGWASAN DON SA WALANG KWENTANG SINABI NYA.

"Marunong kang magbilyar?" tanong ko na lang sa kanya.

"Hindi hehehehe.."

"Gusto mong matuto?"

"Tuturuan mo ko?"

"Kung gusto mong matuto.."

"Gusto ko! Ikaw ang pala magtuturo e hehehehe.."

"Tss.. Tara.." at naglakad kami papunta don.

Masaya ako sa ginagawa namin ngayon..

Pero isang bagay ang kinaiinisan ko..

Yung mga mga mata'ng nakatuon samin..

Kaliwa't kanan ang dami ng babae'ng linilingon si Sensui habang sumasama naman ang mukha kapag sakin na nakatingin.. Hindi ko man sila

lingunin, ramdam na ramdam ko yung matatalas nilang tingin..

"Open time lang po ba?" tanong pa samin nung kahera.

"Oo, sagot ko.." at saka nagbayad. Sumunod kami don sa lalaking nakaassign sa billiard table at inayos nya pa ang mga bola para samin. **"Thank you.."**

Kinuha ko ang isang tako at tinignan kung deretso iyon.. Nung makita kong ayos naman ay saka ako lumapit kay Sensui at iniabot yun..

"Yan ang gamitin mo.." utos ko pa sa kanya at saka kumuha ng tako para naman sa akin. Kumuha ako ng powder sa bag ko at saka ko kinuha ang kamay nya. **"Ito na lang ang gamitin mo para hindi mangati ang kamay mo.."**

"Para san 'to?"

"Pampadulas.."

"Madulas naman ang kamay ko.."

"Mas dudulas kapag meron nito.." sabi ko pa at saka naglagay rin sakin.

Muli kong kinuha ang kamay nya at hinila sya papunta sa dulo'ng parte nung mesa. Itinuro ko sa kanya ang tamang posisyon ng katawan sa pagtira na mabilis nya namang nagaya.

"Ito'ng kamay mo ay ilapat mo dito.." nakayuko ring sabi ko pa habang inaayos ang kamay nya. Pareho kaming nakayuko sa mesa sa posisyong titira. Munit ang paningin ko ay tutok sa kamay nya at bola kaya naman nagulat ako nung pagtingin ako sa kanya ay halos magdikit ang mukha namin dahil nasa akin ang paningin nya!

Pinitik ko pa ng bahagya ang noo nya!

"A-Aray!"

"Hindi ka naman nakikinig e!"

"N-Nakikinig nga ako e!"

"E bakit sakin ka nakatingin!?"

"Kasi nga nakikinig ako!"

"Sa kamay ka tumingin!"

"Kiss muna.." nakangising sabi nya!

"E kung ikaw tirahin ko ng bola?!" inis na tanong ko at saka tumayo. **"Tigilan mo na nga yan, wag ka ng mag-aral.."**

"J-Joke lang!" nakangusong sabi nya na tumayo rin ng ayos at humarap sakin. **"Mag-aaral na ako.. hehehehe.. Mamaya mo na lang ako i-kiss kapag nanalo na ako.."**

"Tss.. Puro ka kiss!"

"Ha! A-Anong puro kiss?! E ngayon nga lang hindi mo ko mabigyan ng kiss.. Tch!" nakangusong sigaw nya pa!

GUSTO KONG MABALIW SA SOBRANG KAABNUYAN NYA!

Tsk.. Bawas na bawas ang angas ko sa isang 'to.. Tsk tsk..

"B-Bilis! G-Gawin mo na lang kasi yung sinasabi ko!" utos ko pa nung magsimulang magsilapitan sa harap ng table na pinaglalaruan namin ang mangilan ngilang lalaki at napakaraming babae na na kay Sensui lahat ang paningin.

"Cristine Mae! Ang cute nya, grabe!"

"Oo nga, Lorie.. Tinuturuan sya ni Ate magbilliards.."

"Nakikita ko, ano ba.."

"Hehehehe.. nakakainggit si Ate.."

"Sinabi mo pa.."

Mainggit ka talaga.. dahil nag-iisa yan hehehe..

"Dito mo na lang muna sa gitna itutok yung dulo ng tako.. Tanchahin mo na lang yung lakas ng tira mo.. Okay??" sabi ko pa kay Sensui.

"Yes, Boss.."

"Sige, tira ka ng isa.." utos ko na agad nyang ginawa.

HULOG!

"Nice.." sabi ko pa at tuwang tuwa syang nilingon ako.

"Tch! Yun lang?! Hulog na?! Ano!? Wala na ba?!" mayabang pang tanong nya.

"Uno pa lang yung naihuhulog mo. may katorse'ng bola ka pa.."

"Edi katorseng tira pa??" mayabang na tanong nya.

"Isang daan at katorse.. hahaha.." mayabang ring sagot ko.

"Tch.. gagaling rin ako, Taguro! Matatalo rin kita dito!"

"Sige sa ngayon, *'asa'* ka na lang muna, reregaluhan kita ng mesa, kapag nanalo ka.."

"Sige ba, basta ikaw yung nasa ibabaw ng mesa hahahaha.."

"Tss.."

At nagtuloy tuloy ang paglalaro naming dalawa. Mas madalas ang pagsablay nya munit unti-unti'ng gumaganda ang paraan ng paglalaro nya. Mabilis na natutunan ni Sensui ang pagcontrol ng tira nya kaya naman nakakahulog na talaga sya. Kitang kita sa mukha nya'ng enjoy na enjoy sya sa ginagawa nya.

"Babe, kapag nahulog 'to.. ibig sabihin mahal mo ko.." ngingisi ngising sabi nya pa.

"Tss.. sa ganyan mo lang ba ibabase ang nararamdaman ko?" nakangisi ring tanong ko.

Tumayo sya at nagulat ako nung bigla syang sumugod papalapit sa mukha ko!

"Kung ganon--sige, maglakas-loob kang sabihin sakin ngayon.. Mahal mo na ko??"

Nawiwindang ako sa paulit-ulit nyang tanong!

Pero hindi ko maiwasang matawa sa itsura at kulit ng tono ng boses nya!

"Hahahahaha.. sige tira ka na.."

"Tch.. wala ka pala e.." payabang na sabi nya pa.

"Wala yan.." mayabang na sabi ko pa at saka sya tumira.

HULOG!

"Hahahahahahaha! Ano ka ngayon!?" maybaang na tanong nya pa at muling lumapit sa mukha ko! **"Pati bola--sinasabing mahal mo ko hahahahahahahaha! Wala ka pala e.. Tsk tsk tsk.. Mahal mo na ko.. Hahahahaha! Tignan mo--nakangiti yung bola sakin! Hahahahaha!!"**

"Tss.." singhal ko at pinanood syang pumunta sa kabilang side at muling pumwesto para tumira. Natatawa naman akong napatingin sa mga babae'ng panay ang sulyap sa kanya.

Kasalukuyan kaming nasa ganoong sitwasyon nung biglang may mapansin akong kakaiba.

Nakatingin ako sa mga babae'ng nasa likuran nya pero nakatuon ang pansin ko sa gilid ng paningin ko..

"Babe, tira!" nakangiting tawag pansin sakin ni Sensui, at pilit na ngiti ang iginanti ko lang sa kanya.

Pumwesto ako para tumira munit kasabay nun ay ang pagsipat ko sa bola at sa taong kanina pa pasilip silip sa harap ko. Pilit kong di ipinahalata sa kung sino mang tao'ng yun na napapansin ko sya, at gayun na rin kay Sensui.

Mahina kong tinira ang pato na tumama sa nuebe at dies na sabay na nahulog.

"Hala!!!" gulat na sigaw pa ni Sensui! **"B-Babe naman, matatalo na ako nyan e.."** nakanguso pang sabi nya.

"Mas magiging madaya ako kung magpapatalo lang ako sayo, kaya galingan mo kung gusto mo talagang matuto at manalo.."

"Tch! Pano ako mananalo e ang galing mo!" nakasimangot pang sabi nya.

"Ganyan talaga, wala namang baguhan ang natalo ang magaling sa una.. kaya tiis tiis muna.." nakangising biro ko pa sa kanya.

"Ang y-yabang mo ah!"

"Magkaron ba naman ako ng boyfriend na sing-gwapo mo---sinong di yayabang??" maangas kunwaring tanong ko.

"Hahahahahahahahaha kaya ang laki laki ng ulo mo e, isang Deib Lohr Enrile na pilit pinaglilihian ng mga buntis ang nahumaling sayo kahit pa wala kang dating sa mga gwapong tulad ko!"

"Tss.. kaya pala, isang ngiti ko lang---natulala ka na.."

"Hahahahahahahahaha ang tigas ng mukha mo ah!" natatawang biro nya. Lumapit naman ako sa kanya at inilapit ko ang mukha ko sa kamay nyang nakahawak sa tako.

"Subukan mo ngang hawakan ang mukha ko at saka mo sabihing matigas..." mayabang pang hamon ko.

"Ilayo layo mo sakin yang mukha mo at baka di ko mapigilan ang sarili ko't mahalikan kita dito.." nakangising bulong nya pa.

"Disiplina, Sensui.. disiplina.. May mga bagay na ginagawa sa pribadong lugar.. hehehe.."

"Sige asarin mo pa ko.. tignan ko lang kung makapagyabang ka pa kapag dinala kita sa lugar na pribado hehehehehehe!!!!" at saka sya nagpakawala ng nakakalokong tawa.

Siraulo..

Ngumiti ako sa kanya at saka sumenyas..

"Tumira ka na, hindi ka gagaling kung puro ka satsat.." biro ko pa at ngumuso naman sya.

"Hindi ko gagalingan para hindi ka humintong magturo sakin hehehe.." ngumisi pa sya at saka pumwesto at hirap na hirap na namang ginaya ang plangketang itinuro ko sa kanya.

Sa ganong sitwasyon ay mas nagawa kong pagmasdan ang kanina pa nagmamasid na mga mata na yun sa likod ng mga taong na nakapaligid samin.

Nakasumbrero ng itim, nakashades ng itim at nakajacket ng itim..

Nung kumilos sya paharap sakin matapos tumingin kay Sensui ay mabilis kong iniiwas sa kanya ang paningin ko..

At saka ako bahagyang napangisi habang kunwaring abala sa panonood sa pagtira ni Sensui.

SABLAY!

"Aaaayyy sayang hindi naihulog ni pogi.."

"Grabe anggwapo nyang sumimangot.."

"Ang swerte ni Ate.."

"Magjowa ba talaga sila??"

"Mukhang magbestfriend e.."

"Ang sweet namang nagbestfriend nyan, kita sa mukha nilang in love sila.."

Napangiti rin ako sa magagandang sinasabi ng mga nagbubulungang nanonood samin.

Nakangusong tumingin sakin si Sensui kaya naman sinenyasan ko syang lumapit sakin na agad naman nyang ginawa.. Nakanguso pa rin sya hanggang sa makalapit sakin..

"Babe..." malungkot pa kunwaring sabi nya.

Inialok ko sa kanya ang kanang kamay ko na agad nyang ikinagulat..

Iniabot nya ang kamay nya sakin kaya naman kinuha ko yun at hinila sya papunta sa upuan.. Taka naman syang tinignan ako..

"Pagod ka na.. maupo ka muna ha???" mayabang na bulong ko sa kanya.

"Ang yabang mo.." nakangusong sabi nya naman.

"Ayos lang yan.. mahal mo ko di ba???" payabang na bulong ko.

"Sobra.. Hehehehe.. Bakit?? Nakukulangan ka pa ba??" natatawang tanong nya.

"Magpapakitang gilas lang, para madagdagan.." bulong ko ulit at saka...

HINALIKAN ANG ILONG NYA..

Kitang kita ko ang gulat sa mukha nya at ayun na naman ang nagsasapakan sa pigil na ngiti nya..

Kinikilig na naman sya..

Mabilis akong naglakad papalapit sa mesa at saka minadali ang pag-ubos sa bola'ng sunod sunod kong inihulog. Tuwang tuwa si Sensui na panoorin ako samantalang nagsisimula ng manggigil ang kamay ko sa galit..

Ikaw lang ang nakilala kong buhay na kusang sumusunod kay Kamatayan, Yago..

Kahit na anong isuot nya, kilos nya pa lang kilala ko na..

Pilit akong ngumingiti kunwari kay Sensui na ngumuguso pa rin kahit nakangiting pinapanood akong talunin sya ng tuluyan..

"Ang galing ni Ate!"

"Dinaig ang jowa.."

"Nakakinlove yung boyfriend nya.."

"Sure ng bowa nya yan, nagkiss sila e.."

"BAGAY SILA.."

Nakangiting nilapitan ko si Sensui nung maubos ko ang bola..

Nakanguso munit nakangiti naman syang sinalubong ako ng nakabuka ang dalawang kamay nya at..

NAGYAKAP kami..

"Ang galing mo, Babe.." bulong nya pa na sinilip ang mukha ko.

"Linya ko 'to e.." mayabang na sagot ko. **"Sa basketball naman talo mo ko e.."**

"Kaya nga girlfriend kita ngayon e.."

"Tss.. masaya ka na non???"

"Masaya ako sayo hahahahaha.." masaya ngang sabi nya kaya naman nginitian ko sya. **"Kiss mo ko ulit.. sa lips naman.."** nanunukso ang tinging pakiusap nya pa.

Nginiwian ko naman sya at saka sinamaan ng tingin..

"Tss.. Pupunta na muna ako sa washroom.." nakangiting sabi ko. **"Maghugas ka rin ng kamay mo.."** sabi konna itinuro pa ang powder na ipinahid namin sa kamay.

Tumayo sya at inialok ko na naman ang kamay ko sa kanya.

"Bawing bawi ka, Babe ah??" nakangising tanong nya kunwari.

"Ang bigat nung *'linya'* mo kagabi e.. Huminto ang puso ko.." nakangusong sagot ko sa kanya. At saka sumeryoso ang mukha nya kahit bahagyang nakangiti pa rin.

"E ano pa ako?? Iisipin ko pa lang na magkasama kayo, parang mamamatay na ako sa sakit ng dibdib ko.. Huhuhuhuhuhu!" umiyak pa sya kunwari.

"Next time isasama na kita.."

"Edi ibig mong sabihin---makikipagkita ka pa sa kanya??!!!"

"Bawal ba talaga yun??"

"N-Nagseselos nga kasi ako e.."

"Tss.. kaya nga isasama kita e, para hindi ka na magselos.."

"Ayoko! Patayin mo nalang ako.."

"E-Eh?? Hahahha! Ang OA mo, Sensui.."

"Tch! OA na kung OA---WAG mo syang lapitan!" nakanguso pang sabi nya.

"Wala naman na kasi sakin kahit lapitan ko sya e.. Kaya wag ka ng magselos.." paglalambing ko.

"Talaga??"

"Mmm.." nakangiting sagot ko.

"H-Hindi mo na sya mahal??" nakangiting paniniguro nya pa.

Ngumiti rin ako sa kanya at saka hinila sya at binigyan sya ng isang mabilis na halik sa labi..

"Wag tanong ng tanong ha?? Hehehehe.. Sige na.." sabi ko na itinulak sya papasok ng CR. Nakangiting sinulyapan nya pa ako at saka tuluyang pumasok.

At saka ako mabilis na pumihit patalikod at hinila ang jacket sa likod ni Yago!

Gulat syang napatingin sakin nung malakas ko syang itulak pahampas sa pader na malayo sa paningin ng nga tao!

At saka unti-unti'ng nawala ang mga ngiting balatay kanina sa mukha ko..

Deretso ko syang tiningnan sa mga mata at ipinakita ang galit ko!

"Ang lakas rin naman ng loob mo'ng sumunod mag-isa sakin dito.." gitil na usal ko habang madiin ang pagkakahawak sa kanyang kwelyo. Ngingisi ngisi naman syang tiningnan lang ako kaya naman inangat ko syang muli at saka malakas na ibinagsak ulit sa pader dahilan para mapaingit sya!

"A-Ah!" ingit sya saka muling ngumisi!

Nakatagilid sa mga tao ang Washroom, kaya naman kahit na may gawin akong masama kay Yago ngayon dito ay sigurado akong walang makakakita!

"Anong ginagawa mo dito?!" pigil ang galit na tanong ko at nananatiling gulat ang reaksyon nya.

Natagalan bago sya nakasagot munit nung makarekober sya ay suminghap sya ng hininga at saka muling ngumisi sakin.

"Ang lupet rin naman talaga ng pakiramdam mo, Maxpein, ano??" mayabang na tanong nya, at saka ko diniinan ang pagkakahawak ko sa kwelyo ng jacket nya. **"Gusto ko lang naman makapanood ng live na *'drama'* hahahahahahaha!!!"** pang-iinsulto nya pa.

"Live na massacre---ayaw mo ba??" madiin ang pagkakatanong ko sa kanya at nawala naman ang nga ngisi sa mukha nya!

Muling bumalatay ang takot sa mukha nya kaya naman mas sinamaan ko pa ang tingin ko sa kanya!

"Yung ginawa nyo kay Randall....." mahinang sabi ko at saka ko inilagay ang hinlalaki ko sa ibabang parte ng Adam's Apple nya at saka diniinan yun dahilan para mahirapan syang huminga! **"...papayagan ko pang bayaran nyo ng hulugan."** at saka ako tumingin ng masama sa mga mata nya. **"Pero kapag si Deib ang kinanti mo.. idodonate ko ang dugo't lahat ng laman-loob mo.."**

"M-Max.. h-hindi a-ak-o m-makahing----ah.." kabado at hirap a hirap na usal nya.

"Hindi ako magdadalawang isip na gawin yun kapag si Deib ang ginalaw nyo.." madiing banta ko. **"Kaya wag mo ng subukan.. kung gusto mong iyakan sa sarili nyong lamayan.."** bulong ko pa at saka binitiwan sya. **"Umalis ka na.. kung ayaw mong maabutan ka pa ni Kamatayan.."**

Kunwaring pinagpag ko pa ang kwelyo ng jacket nya.. at saka tinignan sya sa mga masama sa mga mata.

"Huling banta na yan.. sa susunod magsisisi ka na lang.." dagdag ko pa at saka sinenyasan syang umalis na.

BLAG!!!

At saka ko malakas na sinuntok ang pader na yun!!!!

Isang maling kilos mo Yago.. Isang maling kilos nyo.. sisimutin ko ang limang litro'ng dugo nyo..

"Babe.. let's go??"

Pilit kong kinalma ang sarili ko bago lumingon kay Sensui at ngumiti..

"T-Tara.." yaya ko at saka kami tuluyang lumabas ng Mall.

Tulad ng dating gawi ay nasa kotse nya sya at nakamotor naman ako nung ihatid ko sya sa kanila.. Pagdating sa bahay nila ay mabilis syang lumapit sakin at yumakap.

"Babe.." malambing na sabi nya pa habang nakayakap sakin. **"Thank you for today.."** dagdag nya pa at yumakap rin ako sa kanya at saka bumuntong-hininga.

"Nag-enjoy ka ba?" tanong ko at umalis naman sya sa pagkakayakap sakin, at saka ngumiti.

"Sobra! Hehehehehe! Bawing bawi ka.."

"Tss.. kelangan ko ba talagang bumawe?"

"Hehehehehe.. Hmmmm.." nag-isip pa sya kunwari. **"Sa tindi nung selos na naramdaman ko?? Oo! Kailangan mong bumawi hehehehehe.."**

"Tss.. nakabawi naman ba??"

"Mmmm.. medyo.." tatangu-tangong sagot nya pa at ngumuso naman ako!

"B-Bakit medyo lang!?"

"E hindi mo pa kasi sinasabi sakin yung magic word.."

"Tss.. Sasabihin ko yun.. sa oras na hindi mo inaasahan.." nakangiting sabi ko at mas malaki naman ang ngiting bumalatay sa mukha nya.

"Talaga??"

"Mmm.."

"Pero.. n-nararamdaman mo na??"

"Ang alin?"

"Na mahal mo ko.."

"Hmmmm.." nakangiting nag-isip ako kunwari at nagulat naman sya!

"W-Wag ka ng mag-isip---wag ka ng mag-isip hehehehehe.. Tama na yung nararamdaman ko na hahahahaha!"

"Wag kang tanong ng tanong kasi.."

"Oo na!" sigaw nya at saka ngumuso. **"Kuripot.. Tch! Madamot! Makasarili!"**

"Hanep ka ah! Anong gusto mo?! Maya't maya kong sabihin ng walang paramdam o maya't maya kong iparamdam ng walang sabi sabe?!"

"Hehehehehehehe pareho! Pareho, Taguro! Pareho!!! Hahahahahahaha!!!"

"Ang kulet mo!"

"Hehehehehe.. Gwapo naman.."

"Tss.. sige na, pumasok ka na.."

"Susunduin kita bukas ah? Wag mo ng dalin yung motor mo.."

"Sige, ikaw bahala.."

"Sa labas tayo magbreakfast, susunduin kita ng maaga.."

"Oo na.."

"Mahal mo ko?"

"Wag ka ng makulet.."

"Isa lang.. mahal mo ko??"

"Isa!"

"Mahal mo ko??" nakangisi pa ring tanong nya! **"Babe! Mahal mo ba ko???"**

"Dalawa!"

"Mahal mo ko??"

"Tatlo!"

"Mahal mo ba ako?!"

"Oo na! Oo! Oo!"

"Aaaahhh!!!! Hahahahaha!!! Saraaaappp!!!!!" sigaw nya at saka yumakap sakin ng nuknukan ng higpet! LUMABAS ANG EYEBALLS KO!

OceanofPDF.com

CHAPTER 137

DEIB'S POV

SAPAKIN AKO NGAYON NA!

HINDI AKO MAKAPANIWALANG SINAGOT AKO NG *"OO"* NI TAGURO!

Hindi ko maintindihan ang sarap sa pakiramdam na nararamdaman ko!

Hahahahahahaha!

Hindi ko mipalawanag yung butil butil ng tusok na kumikiliti sa puso ko!

Bwahahahaha!!

At hindi ko rin napigilan ang sarili kong tumakbo *PAYAKAP* sa kanya dahil sa sobrang tuwa!

Gusto ko syang ihagis hagis sa ere sa sobrang tuwa hahahahaha!!!!!

"Hahahahaha! Mahal mo na ko talaga?!" hindi pa rin talaga makapaniwalang tanong ko pa!

"Tss.."

"Hahaahaha! Parang lalabas yung puso ko at sabay kaming tatalon hahhaha! Magkaharap pa, Babe!"

"Ang kulet mo.." natatawang usal nya pa habang nakayakap rin sakin.

Malumanay na inilayo ko naman sya sa pagkakayakap ko at saka ngiting ngiting sinilip ang mukha nya..

"B-Babe.. Uulutin ko.. s-sagotin mo ko ng totoo ah??" pilit pinapaseryoso ang sariling tanong ko pa. **"Mahal mo na ako??"** pigil na naman ang mga ngiting tanong ko at napasinghal sya ng nakangiti.

"Oo nga.."

"Hahaha!!"

"Tss---"

"Hahaha!!! Parang mamamatay nako bukas---ang saya saya ko ngayon hahha----"

"Ang OA mo.."

"Wala kang pakialam! hahaha!"

"Sige na.. pumasok ka na.. Late na.." nakangiting usal nya pero hindi ko pa rin talaga maiwasang hindi alisin ang mga ngiti sa mukha ko habang

nakatingin sa kanya. **"Hihintayin na lang kita bukas sa bahay.. aagahan ko dahil maaga kang dadating dahil sa labas tayo mag-aagahan.."** tuloy tuloy na sabi nya pa.

"Teka, Babe.." malambing na sabi ko pa at saka muling yumakap sa kanya. **"Hindi ko pa ata kayang maglakad---nanghihina ako sa sobrang tuwa hahahahaha!!!"**

"Tss, baliktad ka talaga! Dapat nga mas lalakas ka pa---"

"Parang tinutunaw kaya ang puso ko! Hahaahaha! Pano kaya ang mararamdaman ko kapag sinabi mo na talaga saking Mahal kita, Deib Lohr Enrile-----buwaaha!!!"

"Ang ingay mo, Deib.."

"Wala kang pakialam sabi hahahahahaha.. E kailan mo ba ako tatawagin ng babe?"

"Babe.."

INILAYO KO SYA SAKIN AT SAKA TINIGNAN SYA SA MUKHA!

Ipaulit mo, dre! Ipaulit mo!!=

"U-Ulitin mo nga.." malumanay na pakiusap ko pa.

"Babe.."

TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!

SAPAKIN AKO NGAYON NA!

"Hahaha!!!!! Isa pa..."

"Babe.. Babe!"

"Isa pa----"

"Tama na.. Pagod na ko e.."

Nginusuan ko sya at ipinakitang malungkot na malungkot ako..

At ngumiti naman sya..

"Pumasok ka na, Babe.. Uuwi pa ko e.."

"Ihahatid kita.." nakangiiting sabi ko pa.

"Tss, ano ka ba??" salubong ang kilay munit malumanay na tanong nya at ngumuso na naman ako. **"Wag na.. wag na makulet ha? Para kang bata.."** nakangiting sabi nya pa.

"Ayaw ko na yatang humiwalay sayo hehehehehehehe.. Dito ka na lang sakin.."

"Hahaaha! Ano ka ba!? Hindi pwede yun.."

"Bakit?" nakangusong tanong ko.

"Tsk.. wag ka ng matanong, naririnde ko sayo.."

"E hindi ko nga yata kayang humiwalay sayo---lalo pa ngayon!? Tch! Hehehehehehe!"

"Hindi na.. sige na pumasok ka na, baka hinihintay na ako ni Naih.."

"Tch! Buti pa si Naih iniisip mo.."

"Ayy.." biglang seryosong sabi nya.

"Hehehehe.. Joke lang, Babe.."

"Sige na, pumasok ka na.."

"Pakita ka muna kila Mommy.."

"Hindi na.."

"Kahit saglit lang??"

Bumuntong-hininga sya at sumandal sa motor nya kaya naman hindi na ako nagpumilit.

"S-Sige na nga! H-Hindi na.. hehehehe.. Susunduin kita bukas ah??" sabi ko pa.

"Mmm.. hihintayin kita.."

"Sige na.. Mag-iingat ka.. Itext mo ko kapag nakauwi ka na.."

"Sige.."

"I love you.." sabi ko at saka lumapit at hinalikan ng ilang segundo ang noo nya. **"I love you, Maxpein.."**

Sinilip ko ang mukha nya at nakangiti sya..

"Mahal mo na ko---"

"Nakakarindi ka hahahaha.." bulong nya pa.

"Mahal na mahal kita.." mariing usal ko pa at saka inilapit ang mukha ko sa mukha nya na ikinagulat naman nya..

Gulat syang inilayo ng bahagya ang mukha nya kaya naman inilapit ko ulit ang mukha ko at mas umatras na naman sya hanggang sa umiwas na sya!

Hahahaaha!

"O sige na.. uwi ka na.." bulong ko pa at hinalikan ang pisngi nya. **"Wag mo kakalimutan yung sinabi ko ah?? Mahal na mahal kita.."**

"Oo na.. Sige na, pumasok ka na.."

"Umalis ka na.. papanoorin kita maka---"

"Pumasok ka na.."

"B-Babe naman e, parang ako naman ang babae nyan e---"

"Ikaw naman talaga.. hahahahahahahaha!"

"Tch.." nakangusong singhal ko at saka hinawakan ang kamay nya. **"Sige na, papasok na ako at iisipin na kita magdamag hehehehe.. Itext mo ko ah??"**

"Oo na.."

"Babe.."

"Sige na.."

"Babe nga kasi!"

"Oo na! Sige na! Babe!"

"Parang napipilitan ka naman nyan e---"

"BEEEEHHHEEEEYYYYBBB." napakalambing kunwaring usal nya pa kaya naman napangiti pa ako!

"Pasok nako ah??" tanong ko pa.

"Mmm.."

"Bukas.."

"Mmm.."

"Goodnight.."

"Goodnight.." nakangiting sabi nya pa at saka ako nagsimulang lumayo habang nakahawak pa rin sa kamay nya..

Dahan dahang nagbitiw ang mga kamay naman hanggang sa mga daliri namin pareho.

Parang yung sa palabas hehehehhehe..'

Bading amp!

"A-Ahh hehhehehe.. Pasok nako.." ulit ko pa at saka tuluyang tinalikuran sya at naglakad papasok.

Nung makarating ako sa main door ay muli ko syang nilingon at kinawayan nya naman ako..

Kung ganito naman kasarap sa pakiramdam ang pagbawi mo.. Mas gugustohin ko ng magalit lagi sayo hehehehe..

Pagkapasok ko sa loob..

"BWAHAHAHA!!!" malakas akong tumawa at saka tumalon!!!

~CHA!~

"Yes!!" mahinang sigaw ko pa na sumuntok pa sa ere!

"Ohhh.. Our baby is here already.."

SI MOMMY.

"Hi beautiful lady.." nakangiting sinalubong ko sya.

"Aaaaahhh... hihihihihihi ang sweet sweet ng baby ko.." sabi nya pa at saka sinalubong ako ng yakap.

"I love you, Mom.."

"I love you, baby.. Bakit late ka na yata??" tanong nya pa nung ilayo ako sa kanya.

"Nag-date kami ni Max, Mom.." nakangising bulong ko pa na hindi magawang isara ang bibig sa lawak ng ngiti!

"Omo! Talaga???" tuwang tuwang tanong nya at tumango-tango naman ako habang nakangiti pa! **"Yie! Kwentuhan mo ko!!!"** sabi nya na hinila ako papalapit sa sofa!

"Hahahahaha!" tumawa ako ng malakas at inilapit ang bibig ko sa tenga nya. **"Tinanong ko sya kung mahal nya ako.. sinagot nya ako ng oo.."** bulong ko.

"Kyaah!! Yie! Mahal ka rin nya, baby?? Wow! I'm so happy for you..." animong kinikilig na usal nya pa.

"Ang saya saya ko, Mommy! Hahahah.." nakangiting sabi ko pa. **"She showed me her feelings before letting me know.. I can feel that she likes me too, and I can feel that she loves me too.."** tuwang tuwang bulong ko pa.

"Kyaa!! Talaga? Yiiieeeeee... Edi ibig sabihin.. girlfriend mo na sya??" ngiting ngiting tanong ni Mom at ngiting ngiting sunod sunod na tango naman ang isinagot ko sa kanya! **"Kyaaa!!!"**

"M-Mom." pigil ko sa kanya sa lakas ng pagkakasigaw nya!

Pero...

TUMALON TALON ANG MOMMY KO!

M-Mom.. M-Mom.." pigil ko pa sa kanya pero nagtatalon pa rin sya!

"Yiee! Binata na ang baby ko! Binata ka na, baby!!"

"Mom.. sshh!!!"

"Yiiee..." at saka huminto sya sa pagtalon at saka nakibulong sakin. **"Ssshhhh!!!! Ssshhhh!!!!"** sabi nya pa na inilagay ang hintuturo'ng daliri nya sa bibig nya. **"Hihihhihi!!!! Ang saya saya ko, baby.. Kailan pa??"** excited na tanong nya.

"Mmm mag-2 weeks na, Mom, I g-guess.."

"What!?"

"M-Mom.."

"At hindi mo man lang sinabi sakin??" nakangusong sabi nya pa.

"E-Eh kasi Mom, m-mas gusto kong ipaalam kapag k-kasama ko sya e.. i-ipapaalam ko sana sa b-birthday party ko pa---"

"Kyaa!" sigaw na naman nya.

"M-Mom.." pigil ko pa sa kanya at saka lumingon sa paligid. **"N-Nasan ba yung mga tao dito??"** tanong ko pa.

"Naggrocery sila hihihihi, naiwan ako mag-isa dito, pauwi na ang mga yun.. Nagluto kasi ako.. Kwentuhan mo ko, baby please??? Ano pa?? Ano pa??? Did you already kiss?"

Nabigla ako sa tanong na yun ni Mommy at talaga namang napalunok ako ng matindi!

Nakakatuwa yung excitement at saya na nasa mukha nya pero hindi ko pa rin maiwasang hindi mahiya dahil syempre..

T-That's private.

"Baby!?" excited pa ring tawag nya na inuga pa ang braso ko. **"Did you already *'kiss'*??? Huh?? Huh???"** pangungulit nya pa.

"Y-Yes---"

"Kyaaaaaa!!!"

"How was it, baby?" excited pang tanong nya at napailing naman ako sa hiya!

"M-Mommy naman e.." inis kunwaring sita ko sa kanya.

"I'm so happy for you baby!!!! I was so worried kasi na, Maxi doesn't like you back.. I mean, may konting feeling ako noon pa that she likes you pero---may something kasi e hahahahah! I cannot explain it---that's why I'm this happy! Finally! Hahahahahahahaha! I really like her for you baby.. I swear.." nakangiting sabi nya at ngumiti rin ako. **"I'm so happy for you, super happy.. I'm super duper happy! Hihihihihihihihi! Finally, nakikita kong masaya ka talaga.. tunay na masaya.."**

"Tch! Ganyan rin sinabi mo sakin noon nung si Kim nililigawan ko, Mom e.." nakangusong sabi ko pa.

"Excuse me---hindi noh! Well yeah, maybe sinabi kong I'm happy for you, back then but.. I don't recall saying that I like her for you.." mataray na sabi nya pa at natawa naman ako!

"Hahahaha.. Why? You don't like Kim?"

"Well.. hindi naman sa ganon.. gusto ko lang talaga si Maxi! Hihihihihihihi.." masayang sabi nya at ngumiti naman ako sa kanya at saka nakangiting bumuntong-hininga.

"She's very different, Mom.." mahinang sabi ko pa na iniimagine ang mukha ni Taguro habang nakatingin sa kawalan. **"She's very different**

from other girls.. I didn't expect to like her this much.. Hahahahahahaha!"

"Yiiiiieeeee! I told you---she's different! Hmp! Ikaw naman kasi---may pa-Kim Kim ka pa!"

"R-Recently ko lang naman nakilala si Max, Mom.. Nung First Day of Class lang.."

"I know.. hihihihihihi! Edi sana nung unang araw pa lang na yun ay ginusto mo na sya!"

"Hahahahahaha! No Mom.. mas gusto ko kung pano kami nagsimula bago mauwi sa ganito.." nakangising sagot ko.

"You're so in love, baby.."

"I know.. hahaha!" masayang sabi ko at saka bumuntong-hininga at ngumiti. **"Andami dami nyang bagay na ginagawa sakin na hindi ko akalaing kaya'ng nyang gawin--lalong lalo na ng isang babae.. Hahahaha! Imbes na ako yung magpakilig ng magpakilig sa kanya---parang ako pa yung kinikilig! Bwahahaha!!!!"**

"Really??"

"Mm! Hahhaha! Nakakahiya mang sabihin but yeah.. hahaha! Akala ko nga hindi kinikilig ang mga lalaki pero ngayon hahahahahaha napatunayan ko na! Hindi lang *tuwa* ang nararamdaman ko hahaha! Mas higit pa don!" napayuko pa ako at saka bumusal ng ngiti. **"Hindi sya expressive tulad ng nakasanayan ko ng makita sa ibang babae.. pero once naman na sabihin nya yung feelings nya.."** at saka ako nakangiting tumingin kay Mom. **"...t-tagos e! Tagos na tagos, Mom! Hahahaha! Alam mo yun?? Yung lalabas sa bibig nya at derederetsong tutusok sa dibdib ko at papasok sa puso ko?? Hahaha! Tapos magdamag na yun na nandon, Mom! Tapos yung utak ko ay magiging sirang plakang uulit-ulitin yung sinabi nya! Hahaha!!!"**

"Ayie. you're really really in love.. Para kang Daddy mo noon!"

"Talaga, Mom??"

"Mmm.. ganyan rin kung matuwa sakin ang Dad mo.."

"E-Edi ibig sabihin ikaw rin ang nagpapakilig kay Daddy noon??"

"No.. hihihihihi.. Pero yung mga sinasabi ko ay malaki ang effect sa buong pagkatao nya!"

"Hahaha! Ganyan nga, Mom! Ganyang ganyan si Taguro! Hindi nya ugaling sabihin yung nararamdaman nya---most of the time, kilos lang sya ng kilos.. Pero kapag nagsalita sya.. BAM!!! Damaged ang buong

pagkatao mo.. Hahaha!!" masayang sabi ko at saka nakangiti pa ring nilingn si Mommy na nakangiti rin habang tuwang tuwang nakatitig sakin.

"Yiiee... excited na tuloy ako sa birthday mo..."

"Hahaha! Mas excited ako bukas Mom! Susunduin ko sya at ako na rin ang maghahatid sa kanya----sa labas na kami magbebreakfast.."

"Omo! Really?? Yiiiieeeee! That's good.. mas magkakaron kayo ng time together.."

"Syempre naman yes, Mom! Hehehehehe! Oh sya, pinakamagandang Mommy on Earth! I think I should go to my room and study hahahahahahahahaha! Masyadong matalino ang girlfriend ko para magpakahina ako.."

"Omo! Sure, baby! Sige! Tatawagin na lang kita kapag dinner na ah??"

"Hindi na ako gutom, Mom.. Nag-date kami e.. hehehehehe! Andami naming kinain.."

"Dessert??"

"Hindi na rin Mom, hahahaha sya na yung dessert ko kanina e hahahaha! At yung sweetness nya, hindi mo makikita sa ibang bansa! Nandito lang sa pinas! Hahahha!!!"

"Woooow! Yiiiieeee! O sige na sige na.. Mag-aral kang mabuti ha??"

"Oo naman yes Mom!" sabi ko pa at saka kami sabay na tumayo.

"Dadalan na lang kita ng milk mo mamaya doon, okay??"

Milk??

"M-Mommy naman.."

"Oh?? Why??"

"M-Malaki na ako e-----"

"Pangmaliit lang ba ang milk, baby??"

"Ayan pa---yang baby na yan.. Mommy---ang gwapo gwapo ng anak mo oh??? Look.." sabi ko na ipinakita pa ang magkabilang gilid ng mukha ko. **"Gwapo'ng gwapo'ng binata na ako.. kaya wag mo na po ako tawaging baby.. at ayaw ko na rin ng milk.."** sabi ko ay ngumuso naman sya.

"Yan na nga ba ang sinasabi ko e.." malungkot na sabi nya. **"Once you enter a relationship, you'll forget about me na.."**

"M-Mom, n-no.. Ako pa rin 'to.. Yung gwapo'ng anak mo na maraming nagkakagusto---hahahahahah! It's just that.. Gusto ko'ng tawagin mo po ko sa pangalan ko na hehehehehe.. Deib Lohr..

Napakagandang pangalan hahahaha! Pangalan pa lang tinitilian na hahahahaha!"

"Hmp.."

Ngumuso sya sakin at natawa naman ako kaya naman nilapitan ko sya at niyakap.

"You're still the most precious person for me.." bulong ko pa at saka inilayo sya, ngumiti naman sya sakin kaya natuwa ako. **"Kahit si Maxpein ay hindi ka matatapan hehehehe.. Hindi ako magbabago Mommy.. At mas mamahalin pa kita k-kung h-hindi mo na ako tatawaging baby, promise---"**

"No.."

"You're still my baby---kahit mag-asawa pa kayo ni Maxpein!"

"Gusto mo'ng mapang-asawa ko sya Mom??" nakangising tanong ko pa.

"Oo naman! Kung pwede nga lang na ngayon na e hihihihihi!"

"Hahha!!! You're the best, Mom!"

"I know! Hihhi..."

Nung matapos kaming mag-usap ni Mommy ay nakangiti pa rin akong umakyat sa kwarto ko at naupo sa sofa ko saka hinubad ang sapatos ko at nakangiting sumandal..

Ang sarap sarap sa pakiramdam. Hehe.

Pakiramdam ko ay nakalutang ang puso ko sa sobrang tuwa!

Hahaaha! Nababaliw na ako sayo Taguro.. Tsk! Bakit ganito ang epekto mo sakin??

"Tsk tsk tsk.."

Kinuha ko ang cellphone ko sa bulsa at tinignan kung may text sya..

At *MERON* nga!!!!

One Message Received

~♥♥♥ Taguro ♥♥♥~

Woi, nakauwi na ako..

d^_^b

8:39pm

Masayang idinial ko ang number nya at maya maya lang...

"Oh?" sagot nya.

Parang lagi namang may kaaway 'to! Tsk!

"A-Anong oh?!" inis na tanong ko. **"Sinabing Babe e!"**

"Tss.." natatawang singhal nya at napangiti naman ako.

"Namimiss na agad kita.."

"Ang bilis naman??" taka pa kunwaring tanong nya.

"Aba---oo naman! Tch! Mas matagal pa yung ipinasok ko kay Miss Agaser kesa makasama ka! Tsk! Kung pwede'ng ikaw na lang ang Lecturer ko kahit 24 hours kang magklase sa hita ko ayos lang.. Hehehehe.."

"Sa hita??"

"Oo hahahaha! Uupo ka sa hita ko at magdamag akong tututok sayo! Promise yan! Bawat salita mo ay papasok sa utak ko at maiipon sa puso ko---"

"Puro ka kalokohan.."

"A-Anong kalokohan naman don?!" nakangusong tanong ko.

"Namiss rin kita.."

"Pupuntahan na ba kita dyan??" nakangising tanong ko pa.

"Tss.. Wag mong ugaliing kasama ako---baka manawa ka.."

"Andwae! Hahahahaha! Maldo andwae!"

"Marunong ka pala mag-Korean?"

"Yun lang.. hahahaha!!!! Paulit-ulit lang na ganon! Bwahahahahahaha!"

"Pero nakakaintindi ka di ba??"

"Oo naman.. Hindi ko lang talaga kaya'ng magsalita.. Kasi naririnig ko lang noon kila Lola at Chairman kapag nag-uusap sila.. tinatranslate lang ni Noona.."

"I see.. Oh e ano ng ginagawa mo?"

"Bukod sa kausap at iniisip ka.. Nakangiti at nakaupo.. Hehehehehe! Nagpapahinga.. Nag-usap pa kasi kami ni Mommy.. Sinabi ko na sa kanya.."

"Na ano?"

"Na girlfriend na kita at mahal mo ko.."

"Hahahaha.. anong sabi nya??"

"Ayun, kilig na kilig.. Tch! Daig ka pa ng Mommy ko kung kiligin!"

"Hahahaha.."

"Bakit ba hindi mo ipinapakita mo saking kinikilig ka, Babe?? Gusto kong makita e.. Hehehehe.. Parang kinikiliti yung puso ko kapag nakikita kong kinikilig ka e---"

"Ang bading mo.."

"Wag mo nga akong tawagin ng tawagin ng bading?! Tch! Sinisira mo naman ang gwapo'ng reputasyon ko eh.."

"Hanep.. Gwapo'ng gwapo sa sarile??"

"Hahahahaha! Bakit?! Hindi pwede?! E patay na patay ka nga sakin!"

"A-Ah??" parang gulat pang tanong nya at saka.. **"Hahahahahahaha!!!!"** malakas na tumawa. **"Hanep sa paniniwala ah?? Anong kulto ka?!"**

"Tch! Heheheheheheheh! Sige nga, sabihin mong hinde!?"

"Hinde.."

"Anak ng... Hindi mo ko mahal?!"

"Hahahahahah.. wala naman akong sinabi ah? Wag ka ngang TH.."

"Tch! Wag mo na subukang patayin ang puso ko hahahaha.."

"Parang may kakayanan naman akong patayin yan??" natatawang tanong nya pa.

"Tch.. Kung alam mo lang.. Hahahha.." kunwaring tawa ko pa.

"Hindi ko gagawin yun.."

"T-Talaga??" napapangiting tanong ko pa.

"Kasi mauunang mamamatay ang puso ko kapag nagkataon, hahahaha!"

Hahaaha! TAGOS na naman!

"Hay! Sarap! Hahaha! Grabe ka talaga magbitaw ng salita, Taguro.. San mo ba nakukuha ang mga linya mong ganyan?? Hahaha! Iba dating sakin e! Parang tinutunaw ang puso ko.."

"Tss.. lahat yun kusang lumalabas sa bibig ko.."

"Talaga?? Hehehe.."

"Mmm.."

"E yung mga payabang na linya mo?? Hahahaha! San galing ang mga yun??"

"Kusa rin hahahaha.."

"Tch!" kunwaring singhal ko pa**. "Pero gusto ko lahat yan hehehe.."**

"Halata naman e.."

"Tch! Feel na feel mong may gusto ako sayo, no??" madiing tanong ko!

"Tss.. Nakita mo na ba sarili mo?!"

"O-Oo naman!"

"Edi nakita mo na kung gano ka kagwapo??"

"Hahaha! Minu-minuto, Babe!" mayabang na sagot ko!

"Oh e.. ngayon mo sabihin sakin kung paano'ng hindi ko ikakayabang ang pagkakagusto mo sakin?? Hahahaha!" natatawang sagot nya at nakitawa naman ako.

"Hahahahaha.. Alam mo? May point ka talaga hahaha!"

"Tss.. kita mo na? Mas feel na feel mo..."

"I love you.." mariing bulong ko. At saka dahan dahang nawala ang mga ngiti sa labi ko..

Syempre.. hindi ka na naman nya sasagotin, Deib..

Inilayo ko pa ang cellphone para hindi nya marinig ang buntong-hiningang pinakawalan ko..

"Mmm.. masyado akong napagod.. Gusto ko ng matulog.. ayos lang ba??" tanong nya pa.

"O-Oo naman.. Sige.. Magkikita pa naman tayo bukas e.."

"Maliligo lang ako.. tapos matutulog na ako ulit.."

"S-Sige.."

"Matulog ka na rin ah??"

"O-Oo naman yes.." bitin na ang saya'ng sagot ko.

"Goodnight, Babe.."

At saka ako napangiti..

"Goodnight, Babe.." sagot ko.

~TOOT! TOOT! TOOT!~

"M-Mahal na mahal kita... haaay.."

Parati na lang ba'ng ganito???

Twing sasabihin ko sayo'ng mahal kita---wala akong makukuhang sagot??

Nakaramdam ako ng kakaibang lungkot sa dibdib ko at naisandal ko sa sofa ang batok ko..

Nabawasan ang nag-uumapaw na saya ko bago ako maupo dito..

At bigla kong naramdaman ang panlulumo at pagod..

Kaya naman muli akong bumuntong-hininga at tumayo para maligo..

Hindi na rin ako nakaramdam pa ng sipag para magbasa gaya ng sinabi ko kay Mommy kanina nung matapos kong maligo..

Kaya naman pagkatapos na pagkatapos kong ayusin ang gamit ko ay pabagsak kong inihiga ang sarili ko sa kama..

Hinablot ko si Tagsen mula sa gilid ng kama at iniangat sya sa ere..

"Mahal ba talaga ako ng Mommy mo??" nakangusong sabi ko pa. **"Hindi nya pa kasi sinasabi sakin na mahal nya ako.. Tch! Hindi ko tuloy malaman kung dapat ko bang paniwalaan 'tong nararamdaman ko.."**

Magdamag akong nakatiti kay Tagsen at umaasang sumagot ito at saka ako kusang nakatulog..

♥ K ♥ I ♥ N ♥ A ♥ B ♥ U ♥ K ♥ A ♥ S ♥ A ♥ N ♥

Miyerkules

"A-Aaahh!!" nagstretch pa ako at saka dahan dahang iminulat ang mga mata ko.

Kinapa ko ang dibdib ko at..

Mahal ko talaga si Taguro hehehe!!

Muli akong nagstretch pagkabangon at saka tuluyang tumayo at tumingin sa wall clock.

6:00am...

Gising ng binata'ng in love.. Tsk tsk tsk..

Kinuha ko ang cellphone ko at saka tinignan isa-isa ang mga texts doon..

Hindi man lang nagtext hmp!

Masama ang loob na naglakad ako papasok ng washroom at muling tumingin sa salamin..

"Tch.. anggwapo mo nga, mukhang hindi naman patay na patay sayo yung girlfriend mo.." mahinang bulong ko sa sarili ko at saka bumuntong-hininga at naghubad ng sando at saka muling ngumuso sa sarili sa harap ng salamin. **"Tch! Bahala sya sa buhay nya! Hindi ko rin sya itetext!!!!"**

Maramot! Makasarili! Tamad! Manhid!

Munit maya maya'y napaisip rin ako..

"Pero... hehehehehehehehehehe.." mukhang tangang nagpakawala ako ng isang nakakalokong tawa!!! **"Ngayon.... may dahilan ako para lambingin nya ako mamaya! Hehehehehehehehe!!!! Magpapanggap akong galit!"** at galit na tumingin ako sa sarili ko sa salamin!

Grrrrrr!

"Ha! Tapos.. magkakandarapa kang suyuin ako----buwahaha!!!!!!!"

Todo ngiti'ng nagsimula akong maligo hehehehehe!!!

At nung matapos ay nakangit pa rin ako habang nagbibihis at sinusulyapan ang saraili ko sa salamin!

"Ang gwapo ko na nga---sinabihan nya pa akong gwapo! Nak nampucha---sinong hindi maniniwala?! Di ba?! Hahahaaha!!! Wooh!!"

"Deiib!!!"

Oh?!

SI NOONA!

~KNOCK! KNOCK!~

"A-Ano!?" inis na tanong ko munit hindi binubuksan ang pinto! **"Nagbibihis ako!"**

"Gising ka na ba?!"

"M-Malamang!!! Sasagutin pa ba kita kung tulog pa ko!? Engot!" inis pa ring sigaw ko!

"Bilisan mo dyan! Magbebreakfast na!"

"Umalis ka na dyan! Inaabala mo ko!"

"Bilisan mo dyan!"

"Tch.." singhal ko at hindi na sya sinagot.

~BLAAAAAG!~

Napalingon pa ako nung hampasin nya ng malakas ang pinto!

"Tsk.. anong problema nun!?" takang tanong ko pa habang nakatingin sa pinto!

Kaya naman nagmadali akong ayusin ang sarili ko at saka ako bumaba.

"Oh.. bihis na pala si Deib. Good morning, son.." si Dad.

"Morning, Dad.." at lumapit ako sa kanila ni Mom. **"Morning, Mom.."** nakangiting bati ko pa at saka humalik sa kanya. At saka ako bumaling kay Noona. **"Hoy! Dein! Ang aga aga ang ingay ingay mo!"**

"Hooooyyy!!! Hino-hoy hoy mo na ako ngayon!? At ano?! Ano kamo?! *'Dein'*????" inis at may dii'ng tanong nya habang nakapamewang pa kaya naman nginisian ko sya!

"Waaaaaag mong sirain ang araw ko hahahahahahahaha!!!!" biglang bawi ko ng tawa sa kanya!

"Psh! Today's just a normal day! Maupo ka na---"

"Oops! Sorry.. hahahaha! I won't be able to join you today.." nakangising sabi ko pa.

"Huh? Bakit?!"

"Dahil..." sinulyapan ko pa si Mom. **"Susunduin ko pa ang special someone ko! Hehehehe!"** nakangiti at taas-noo'ng sabi ko.

"Special someone!? Si Maxpein?!"

"A-ha!" taas-noong sagot ko na naman!

"Psh! Mabuti naman at ikaw na ngayon ang susundo sa kanya.. Muntik ko na talagang isipi'ng ikaw ang nililigawan nya.." tatawa tawa'ng bulong nya at nginiwian ko naman sya.

"Alam mo, Noona.. Maaaring nakakatawa para sayo yung ganong ginagawa namin pero.. hahahahaha! Masasabi ko lang.. subukan mo munang sunduin ang boyfriend mo bago ka magbigay ng ganyang nakakaloko'ng tawa.. Para malaman mo kung anong magiging epekto kay Randall.. Dahil kung ako ang tatanongin?? Kulang ang salitang nakakatuwa.." masayang kwento ko sa kanya. **"Nakakatuwa sa pakiramdam ang makita sa kanya yung mga bagay na kadalasan ay kaming mga lalaki ang gumagawa.. Wala namang masama kung susubukan mo e hehehe.. At least, masasabi ko, *'sya'* lang talaga ang nakagawa sakin non.. Bakit kaya hindi mo subukang ipakita rin yun kay Randall?? Na hindi lang sya ng sya ang susundo sayo---dahil magagawa mo rin syang sunduin.. Na hindi lang sya ng sya ang susuyo sayo---dahil kaya ka rin nyang suyuin.. Na hindi lang ikaw ang kaya nyang pakiligin---dahil kaya mo rin syang pakiligin.. Dalawang tao ang nasa relasyon, Noona.. Hindi ka nag-iisa! Hahahahaha!!!!"**

CLAP!*CLAP!*CLAP!*CLAP!

Gulat akong napalingon kila Mom and Dad!

At laking gulat ko nung makita ko si Mommy na pumapalakpak habang nakatayo pa!

"Ang galing galing ng baby ko!!! Hihihih!!" tuwang tuwa pang sabi ni Mom!

"A-Ahh.. H-Hehehehe.." pilit na tawa ko sa kanya at saka muling bumaling kay Noona. **"Oh pano?? Pupuntahan ko muna ang girlfriend ko?? Hehehe---"**

"Teka!" pigil nya sakin at nilingon ko na naman sya habang nakangiti pa rin.

"Bakit?! Hehehehe.."

"G-Girlfriend mo na talaga si Max?"

Natigilan ako!

Engot! Bakit mo sinabi!?

"Deib?!" tawag pa sakin ni Noona.

"O-Oo.." nakangusong sagot ko at natigilan sya.

"S-Sure na yan??"

"A-Anong sure na yan?! Malamang! Tch!"

"Psh.." singhal nya kaya naman tinignan ko sya ng masama.

"Tch! Epal ka.." bulong ko pa. At saka tinalikuran sya at lumapit kila Mom and Dad.

"Goodluck!"

Inis na nilingon ko sya munit nakangisi lang sya habang iniinom ang coffee nya!

Hindi ko naman maintindihan kung bakit kinabahan naman ako bigla dahil sa sinabi ni Noona!

Tch! Sinasabihan ka lang ng goodluck! Anong nakakakaba don!? Binabati ka nga e!

"M-Mom.. Dad.. Mauna na po ako.." baling ko kila Mom and Dad. **"Susunduin ko pa po si Maxpein, sa labas na kami magbebreakfast.."** biglang ngiti ko.

"Mmm.. sige.. Kumain kayo ng marami ha??" si Mom.

"Of course Mom.." nakangiting sagot ko. **"I'll see you later!"**

"Ingat ka.."

"I love you, Baby!"

"I love you all!!" sigaw ko pa at saka tuluyang lumabas. **"Manang, pasok na po ako.."** baling ko kay Manang na nagdidilig pa.

"Oh, ang aga mo naman ata ngayo'ng bata ka??"

"Maaga ring nainlove Manang e hahahahahahahaha!!!" biro ko.

"Ikaw talagang bata ka, oo! Sya sige, mag-ingat ka sa byahe.."

"Oo naman yes, Manang!"

"Ikumusta mo ako sa nobya mo.."

"A-Alam mo na, Manang???" gulat na tanong ko.

"Ang alin, iho?"

"Na k-kami na ni Max??"

"Hahahahahahahahaha! Sa tingin mo ay maloloko mo kami kapag sinabi mong hindi?? Tsk tsk.. Sya sige na't baka hinihintay ka noon.."

"Hahahahahahahahaha!!! Halata ba, Manang?! Sige po.. Mauna na muna ako hehehe! See you later, Manang!"

Nakangiting minaneho ko ang kotse ko papunta kila Taguro..

♫ ♪ ***'You tell me you're in love with me.. Like you can't take your pretty eyes away from me.. It's not that I don't wanna stay.. But every time you come too close I move away.. I wanna believe in everything that you say.. 'Cause it sounds so good.. But if you really want me, move slow.. There's things about me you just have to know.. Sometimes I run (sometimes)..***

Sometimes I hide.. Sometimes I'm scared of you.. But all I really want is to hold you tight.. Treat you right, be with you day and night.. Baby all I need is time.. I don't wanna be so shy.. Every time that I'm alone I wonder why.. Hope that you will wait for me.. You'll see that you're the only one for me.. I wanna believe in everything that you say.. 'Cause it sounds so good.. But if you really want me, move slow..There's things about me you just have to know..' ♫ ♪

Kahit paulit-ulit kong pinapatugtog ang kantang yan sa kotse ko, pakiramdam ko ay parati yong bago sa pandinig ko!

Heheheheehe!

Ilang minuto kong tinahak ang daan papunta sa bahay nila Taguro at nung makarating ako..

~KNOCK! KNOCK!~

Nakangiting kumatok pa ako sa pinto nung makita silang lahat na nag-aayos na..

Pero wala si Taguro..

Yung magkapatid lang at dalawang bakla ang nandoon..

"Uyy! Deib! Pasok.." si Parrot. **"Ang aga mo naman yata??"**

"Mmm.. Good morning.. Susunduin ko si Max.." nakangiting sagot ko.

"Ayyy ang taray ng agahan ng bakla'ng Maxpein.." dinig kong bulong nung isang bakla at nginitian ko naman sya.

"Ahhh.. hehehe.. Pababa na yun.. Upo ka muna, dito ka na magbreakfast.. Nakaluto na si Ate.." dagdag pa ni Parrot.

"Ahh hindi na, k-kakain kami sa labas e.. baka gusto mong sumama?"

"Ganon ba?? Nako.. Hindi na hahaha! Mas maganda yung naeenjoy nyo ng solo ang moments nyong dalawa hahaha!"

"Hehehehe.."

"Oh ayan na si Max.."

At pinanood ko si Taguro na bumaba ng hagdan..

Tumayo ako nung tuluyan syang makababa. Ngumiti ako ng matindi sa kanya na agad naman nyang sinuklian ng tipid na ngiti pero matindi ang epekto sakin!

Hahaha!!!! Parang isang taon kaming hindi nagkita! Haaay..

"Good morning.." nakangiting bati nya pa sakin at saka lumapit at..

HUMALIK SA PISNGI KO!

Nasa amin ang mata ng lahat kaya naman pakiramdam ko ay mapapaupo na naman ako dahil nanghina ako sa ginawa nya!

Saarap!!

"Lolo mo.. baka hindi na makakain---mukhang nabusog sa halik mo.." biro pa ni Beka.

"Tss.. Mauna na kami.." nakangiting paalam ni Taguro sa kanila.

"M-Mauna na kami.." pigil ang mga ngiting paalam ko rin.

"Sige sige.. Ingat.. Kita na lang tayo mamaya sa school, Max!" nakangiting paalam rin ni Parrot.

"Geh.."

At nakangiting inalalayan ko sya palabas.

"H-Hindi ko inasahan yung ginawa mo ah.." pigil pa rin ang ngiting bulong ko habang inaalalayan sya papasok ng kotse ko.

"Ngayon lang yan.. bukas hindi na.." nakangising sabi nya at saka sumakay.

Gulat naman syang napatingin sakin nung bigla ko akong yumuko at lumapit sa mukha nya..

"Kung ganon.. pwede ko rin palang gawin yun..??" nakangising tanong ko at kitang kita ko naman ang paglunok nya.

"Ang a-alin?"

"Halikan ka kahit may ibang tao.."

"T-Tss.."

Nginitian ko lang sya at saka pinindot ang ilong nya. Nakangisi pa ring pumasok ako sa kotse ko.

"San tayo, Babe!?" ganadong tanong ko.

"Sa TB.. masarap ang tapsi don.."

"Sige.."

Nakangiti pa ring sinimulan kong magmaneho papuntang TB..

"Kumusta tulog mo?" tanong ko pa.

"Mmm.. ayos naman.."

"Hehehehehe.. Ako kasi.. heaven! Hahahaha!"

"Oh? Buti nakababa ka pa? Haha.."

Tsk!

"A-Ang sama talaga ng ugali mo, Taguro!"

"Biro lang e.."

"Wag mo kong bibiruin kapag naglalambing ako---dahil masaket!"

"Tss! Ang OA OA mo! Hahaha!"

"Tch! Hehehehehe.. May kasalanan ka pa nga sakin e.." biglang ngusong sabi ko a tinaasan nya naman ako ng kilay. **"Hindi mo man lang ako naalalang itext!"** sumbat ko pa.

"Tss.. magkikita naman tayo, bakit itetext pa kita?!"

"A-Ano ka ba?! Ganon ang dapat na ginagawa ng couple! Magtetext bago matulog at magtetext pagkagising!"

"Eh?!" parang hindi pa makapaniwalang tanong nya!

"At yun ay parte ng pagiging sweet sa isa't isa! Ang engot mo talaga!"

"Masyado kang maraming kaartehan---alam mo ba yun?? Tss.. Para sakin, ang cellphone ay ginagamit lang kapag emergency.."

"Kuripot! Ang cellphone ay ginawa para makipagcommunicate!"

"Tss.. makapanumbat ka parang ikaw naman e nagtext?!" kinuha nya ang cellphone nya at nagpipindot doon! **"Hindi ka rin naman nagtext oh!"**

Napatingin pa ako sa cellphone nya.

Wala man lang sweetness sa katawan!

"A-Alam mo.. sa lahat talaga ng babae ikaw ang kakaiba! Wala ka man lang kasweetness sweetness sa katawan!"

"Wow ahh?! Hahahaha! Alam mo bang yung ginawa ko kanina e sayo ko lang ginawa?! Tapos ako pa ang walang sweetness sa katawan?! Tss.. Masyado ka lang talagang maraming arte!"

Hindi ko na sya kinibo pa at nakangusong ipinagpatuloy ko na lang ang pagdadrive hanggang sa makarating kami sa TB.

"Welcome---Ayy! Eksena ah.. Mmm, anong maipaglilingkod ng mga bakla sa inyo??" bungad samin ni Barb, lumapit naman si Taguro sa kanya at saka humalik sa pisnge!

Akala ko ba, sakin nya lang ginawa yun?!

Siraulo!

"Breakfast.. dalawang tapsi at maraming kamatis hehehe.. Bilisan mo, baka ma-late kami.. Kape narin para samin.." sabi pa ni Taguro sa kanya at saka bumalik sakin. **"Dito tayo.."** yaya nya sakin sa unang table.

Couch ang upuan doon kaya naman nagtabi kami sa isang mahaba. Sumandal ako at inilingkis ang kaliwang braso ko sa bewang nya.

"Akala ko ba sakin mo lang ginagawa yun??" inis na tanong ko at lumingon naman sya.

"Ang alin?"

"Y-Yung kiss sa pisngi!" nakangusong sagot ko at nagsalubong naman ang mga kilay nya at saka lumingon kay Barb.

"Ahh.. Sanay na akong ganon ang batian namin.."

"Edi hindi mo nga lang sakin ginagawa yun---"

"Beso beso yung sa kanila.. Wag ka ngang TH.. Hahahaha! Andami dami mong napupuna, noh!?"

"Hehehehehe.. Maiba lang.." nakangising sagot ko at saka nagpandikwatro at nagpangalumbaba sa harap nya at tumitig sa kanya. **"Ang sarap sa pakiramdam na ikaw agad ang kasama ko ng ganitong kaaga.."**

Hindi nya ako sinagot at tinawanan nya lang ako.

Pinagmasdan ko naman ng malapitan ang kabuuan ng mukha nya..

"Masaya ka ba satin??" wala sa sariling naitanong ko. Hindi agad sya sumagot.

Sumandal sya sa couch dahilan para masandalan nya rin ang braso kong nakahawak pa rin sa bewang nya at saka pormang nag-iisip.

"Bakit mo naman naitanong?"

"Mmm.. Biglang pumasok sa isip ko e.." tipid ang ngiting sagot ko. Muli syang tumitig sakin at saka ngumiti kaya naman ngumiti rin ako sa kanya. Bumuntong-hininga pa sya bago nagsalita.

"Masaya ako kapag hindi ka nagagalit sakin.." nakangiting usal nya at tumingin lang ako sa kanya. Muli syang bumuntong-hininga. **"Nalulungkot kasi ako kapag nagagalit ka sakin.."**

"Bakit mo naman nararamdaman yon??" nakangiti pa ring tanong na napapakagat pa sa pang-ibabang labi ko.

"Ewan ko, kusa kong nararamdaman e.."

"Twing kelan ka masaya?"

"Kapag ganitong okay tayo at magkasama---"

"Nararamdaman mo na masaya ka sakin?"

"Paikot-ikot ka lang, napansin mo?" biglang inis na tanong nya at sumimangot naman ako.

"Alam mo, ikaw?! Ang ikli ikli ng pasensya mo!" nakangusong sumbat ko.

"Tss.. sinong hahaba ang pasensya sayo e paulit-ulit ka lang.."

"Akala ko ba masaya ka sakin! Tch!"

"Hahaha.. ang cute mo.." natatawa talagang sabi nya kaya naman mas nagpacute pa ako sa kanya.

Maya maya pa ay dumating ang order namin at sabay naming kinain yun. Hindi rin kami nagtagal doon dahil may klase pa kami. Kaya naman nung matapos kami ay mabilis kaming pumasok. Sabay rin kaming pumunta sa locker at inihatid ko pa sya sa floor nila.

"Sabay tayo ng lunch ah??" paalala ko pa sa kanya.

"Mmm.. Kita na lang tayo sa baba.."

Matapos naming magpaalaman ay pumasok na ako sa klase ko..... ng may ngiti sa mga labi!

DISCUSS.

DISCUSS.

Nakakadalawang subject pa lang kami nung biglang bumuhos ang napakalakas ng ulan..

~FUUUU..~

Dinig na dinig hanggang sa kinauupuan ko ang lakas ng sipol ng hangin..

"Oh my God.. its raining.." si Liel.

"Ang lakas ng ulan.." si Tob. Nilingon ko naman sya.

"Bigla bigla naman yatang umuulan?" tanong ko.

"May bagyo kasi.." biglang sabat ni Lee at napatango naman ako sa kanya at saka muling tumingin sa labas. Sobrang lakas ng ulan, halatang may bagyo nga sa sobrang lakas. Sumisipol ang hangin sa sobrang lakas nito, kasabay ang sobrang lakas ng biglaang buhos ng ulan. Ramdam ko rin ang biglaang lamig ng paligid.

"Wheew! Lameeeegg!!" sigaw pa ni Tob na niyakap ang sarili nya.

"Class! Class! Attention!!" sigaw pa ng Lec kaya naman muli kaming napatingin sa kanya. **"If X and Y are----"**

~KNOCK! KNOCK!~

Sabay sabay na namang napunta sa pinto ang paningin naming lahat nung biglang may kumatok.

SI MIGZ BAKLA!

"Excuse me, Sir.." sabi pa ni Migz at nilingon naman sya nung Lec. Pumasok sya ng bahagya sa pinto at saka tumingin sa lahat. **"Suspended na po ang klas----"**

"Yes!!" hindi natapos ni Migz ang sasabihin nung biglang magtayuan at sumigaw ang mga classmates namin, nagkatinginan naman kami nila Lee at Tob na bakas rin ang tuwa sa mukha!

"Suspended na daw po ang klase, may bagyo kasi ngayon. At bukas ay half-day ang klase. Students, mag-iingat pauwi.. Yung walang

service ay magpahatid daw sa school bus.. Dahan dahan na lang pababa kasi sabay sabay ang baba ng mga students, mag-ingat kayo at madulas ang floors! Thank you!" dagdag pa ni Migz at saka lumabas! Sabay sabay na nagsipagtayuan ang buong klase.

"Class! Class!!! Remain---Class!!" sigaw pa ni Lec! **"Answer your workbook, Exercises 10-18! Show your solution! Okay dismiss! Be safe!"** at saka lumabas.

"Tch.. half-day nga lang daw bukas e! Anong exercise ang sinasabi nun?!" inis na singhal ko at saka tumingin kina Lee at Tob.

"Nasan kayo?? Suspended na ang klase hehehehe.." si Tob, mukhang kausap si Michiko sa phone. **"Ahh sige sige, bababa na kami dyan.. Sige.."**

"Nasan daw sila??" tanong ni Lee sa kanya.

"Nasa baba, P.E. Class daw nila.."

"Ha?? E umuulan ah?!" nag-aalalang tanong pa ni Lee. **"Baseball pa naman ang P.E. nung mga yun.."**

Nasan kaya si Taguro?

Kinuha ko ang cellphone ko, pero walang text si Taguro. Habang pababa kami ay nakita kong abala sa pagtetext sina Lee at Tob..

Hindi naman ako mahilig magtext talaga.. Pero mas matutuwa ako kung maya't maya, katext kita..

Bumaba kami at saka tumakbo papunta sa Gym para doon sumilong. Maraming students ang nakasilong rin doon kaya naman ang ingay ingay doon. Nakita namin doon sila, BJ, Michiko at Parrot na mga naka-P.E. uniform pa at nakasilong.

"Oh?? Bakit nandito kayo?" tanong ni Lee kay Parrot.

"Suspended ang klase.. Hindi ba kayo nasabihan ni Migz?? Magru-room to room daw sya sabi nya?? Baka dahil nasa taas pa kayo kaya hindi nya napuntahan agad ang room nyo.." sagot ni Parrot habang pinupunasan ng towel ang braso nya.

"Ahh oo.. kaya nga bumaba na kami e, pumunta si Migz sa room.." si Lee.

"Nakakainis nga e! P.E. namin nung biglang bumuhos yung ulan! Nabasa tuloy kami!" si Michiko kay Tob.

"Haaaay naloka ako kakaakyat sa mga rooms!!!! Buti naman nandito na kayo----nasan si Max?!" biglang lapit ni Migz. Napalingon naman ako sa kanya. **"Hindi nyo ba kasama??"**

"Nasan si Taguro??" nag-aalalang tanong ko.

"Baka naiwan don sa field??" si BJ. **"Bigla kasing bumuhos yung ulan e! Nagtakbuhan kami dito kasi pare-pareho kaming walang payong.. E fielder sila nila Carlo kanina e.."**

"Sunduin nyo si Max don, malakas ang ulan oh! Baka napano na yun!" dagdag pa ni Migz! **"Teka na muna, pupuntahan ko na muna yung driver ng school bus, andami ng students oh.."**

FIELDER: Posisyon sa laro'ng Baseball kung saan ito ang SUMASALO ng tinira'ng bola ng Batter. Sila yung mga humahabol sa bola na natira ng malakas. Meron Left, Right at Center Fielder.*

Tinanaw ko ang field at halos hindi ko makita ang daan papunta don sa sobrang lakas ng ulan! Napailing ako at saka napabuntong-hininga!

"Sinong may payong? Pahiram nga.." malumanay na tanong ko sa kanila.

"W-Wala nga kaming payong e.." malungkot na sagot ni Parrot.

"Here.."

Sabay sabay kaming napalingon sa gilid nung biglang may magsalita! Naibaba ko ang paningin ko sa hawak nya at nakita ko ang isang payong. Nung iangat ko ang paningin ko ay nagtama ang paningin namin ni Kim.

"Use mine.." dagdag pa ni Kim.

"A-Ahh.. No, its o-okay---"

"Use it.. Baka basang basa na si Max don.." nakangiti munit bakas ang pag-aalala sa tono'ng sabi nya pa kaya naman napangiti rin ako sa kanya.

"Thanks.. Ibabalik ko na lang---"

"It's okay.. May payong pa naman ako sa locker.. Sige na, baka nilalamig na si Max don.."

"Ang bait talaga ni Ate Kim.." puri pa ni Michiko sa kanya na ginantihan nya lang ng ngiti at haplos sa balikat nito.

"S-Susunduin ko muna si T-Taguro.." mahinang paalam ko pa muna sa kanila, tinanguan naman nila ako bilang sagot. **"T-Tob, sayo muna 'tong bag ko.."** sabi ko na inabot ang bag ko na kinuha nya agad kaya mabilis akong naglakad papunta sa field!

Bawat hakbang ko ay ramdam ko ang ampyas ng malakas na hangin kasabay ng ulan sa katawan ko!

Wag kang magpapaulan! Tsk..

Hindi ko pa man nakakalahati ng quadrangle ay basang basa na ang pants ko!

Munit minadali ko pa rin ang paglalakad papunta sa field at nung tuluyan kong marating yun ay saka ko iginala gala ang paningin ko sa posibleng tambayan ni Taguro doon. Pero hindi ko sya makita sa ilalim ng mga puno!

Kaya naman naglakad pa ako papunta sa pathway sa gilid ng field pero hindi pa man ako tuluyang nakakalayo ay natanaw ko na si Taguro..

Nakaupo sya sa umbrella..

Nakapandekwatro'ng pambabae at magkakrus ang dalawang braso habang...

Natutulog??

Inilibot ko ang paningin ko sa paligid..

Walang tao maski isa.. At ang tanging nakikita ko lang ay ang malabong parte ng school namin dahil sa sobrang lakas ng ulan..

Ang cute cute nya sa P.E. uniform nya.

Mabilis ko syang pinuntahan munit nagdahan dahan ako bago ko sya tuluyang lapitan..

Nakangiting inilapit ko ang mukha ko sa kanya munit..

Dahan dahang bumukas ang mga mata nya!!!!

Pakiramdam ko huminto ang ikot ng mundo ko nung biglang *MAGTAMA* ang paningin namin! Halos maduling ako sa sobrang lapit ng mukha namin!!!!

"Anong ginagawa mo?" matalas ang tingin at pormal ang tono'ng biglang tanong nya! Amoy na amoy ko ang cheap na bubble gum na mula sa bibig nya sa sobrang lapit namin sa isa't-isa!

"A-Ahh.. g-gigisingin l-lang sana kita.."

"Ganyan ba manggising?" pormal pa ring tanong nya at naiiwas ko naman ang paningin ko sa kanya habang nananatiling nakaharap sa kanya ang mukha ko! Napalunok ako at saka muling tumingin sa kanya!

Deretsong deretso ang tingin nya na parang nanghihigop sa lalim!!!!!

"Natulala ka na naman.. tsk tsk tsk.. Hindi ka ba nangangalay??" mayabang na tanong nya pa kaya naman ngumuso ako at saka tuluyang tumayo ng maayos.

"Sinundo kita dahil ang lakas lakas ng ulan!" inis na sigaw ko sa kanya at saka ako lumingon sa paligid. **"Ano bang ginagawa mo dito!?"**

"P.E. namin kanina.. Tss.. sasambot sambot ako ng bola, pagbalik ko wala ng tao ang king ina.." galit at seryosong usal nya kaya naman natawa ako sa kanya.

"Hahahahahaha! Ang angas mo.." natatawang sabi ko at saka iniabot ang kamay ko sa kanya. **"Suspended na ang klase, may bagyo kasi.."** at hinawakan nya ang kamay ko.

Ramdam ko pa ang pagbigat ng kamay ko ng ituon nya don ang lakas nya kaya naman tinulungan ko syang tumayo..

"Tara na.. iuuwi na kita.." nakangiting usal ko pa at saka nginitian sya. Masyado pa ring seryoso ang mukha nya kaya naman mariing tinitigan ko pa rin sya. Muli kong inilapit ang mukha ko sa kanya at ang sumunod na nangyari ay hindi ko na inaasahan..

Parang nagslow motion sa paningin ko ang naging paglapit sakin ng mukha nya..

At naramdaman ko na lang..

ANG MARIING PAGSIIL NG LABI NYA SA PANG-IBABANG LABI KO..

Nagsimulang magkarambola ang bawat tibok ng puso ko!!!!

TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!

Ramdam na ramdam ko sa dibdib ko ang pino'ng pino'ng sunod sunod na haplos sa puso ko na nagbuhat ng napakasarap na pakiramdam sakin!

Naipikit ko ang mga mata ko at ninamnam ang masarap na pakiramdam sa loob loob ko..

Para akong lumulutang sa sobrang sarap sa pakiramdam..

Dahan dahan kong hinapit ang katawan nya papalapit pa sakin at saka mariing siniil rin ang labi nya..

Ano mang diin ko sa labi nya ay ramdam na ramdam ko pa rin ang lambot niyon.. Kaya naman hindi ko mapigilan ang sarili kong mapangiti sa sobrang tuwa'ng nararamdaman ko..

Dahan dahan nyang binitiwan ang labi ko kaya naman dahan dahan ko ring iminulat ang mga ko at nung magtama ang paningin namin ay pareho na kaming nakangiti sa isa't isa..

"I love you.." mahinang usal ko pa at saka hinalikan ang ilong nya habang nakayakap pa rin sa kanya.

"I love you, too.."

Ramdam na ramdam ko ang pagkawala ng mga ngiti sa mukha ko at deretso akong napatitig sa kanya..

I love you, too..

I love you, too..

Muling nagpaulit-ulit ang mga katagang binitiwan nya sa pandinig ko!

TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!

"M-Max...." hindi ko naituloy ang sasabihin ko sa matindi at hindi maipaliwanag na kaba'ng nararamdaman ko!

Nananatiling nakatitig kami sa isa't isa at masyado pa ring seryoso ang mukha nya bagaman parang nakangiti sakin ang sinsero nyang mga mata! Halos hindi ko na marinig ang malakas na buhos ng ulan sa sobrang lakas ng tibok ng puso kong parang nagwawala sa dibdib ko! Sunod sunod ang naging paglunok ko habang nakatitig sa mga mata nya!

At ang sumunod na namalayan ko na lang ay NAKAYAKAP NA AKO SA KANYA.

"H-Hahahaha!" naibubulalas ko sa sobrang saya'ng nararamdaman ko! Napakagat ako sa labi ko habang nararamdaman ko ang pamamasa ng mga mata ko! **"I love you, Babe.. I love you.."** mahinang sambit ko pa.

"I love you, too.." mahinang sagot nya kaya naman tuluyang tumulo ang luha ko sa naging pagpikit ko.

Ninamnam ko ang pagyakap ko sa kanya bago tuluyang ilayo ang katawan ko sa kanya.

"Tss.. sinabi ko bang umiyak ka?" salubong ang kilay na tanong nya kaya nama natigilan ako at napatitig sa kanya. **"Hindi ba't sabi ko.. wag kang iiyak sa harap ko?"**

"Tch! T-Tears of joy ang tawag dyan!"

"Bading.." nakangiwing singhal nya at napangiti naman ako ng sobra!

"Sobrang saya ko, Taguro.." pigil na naman ang mga ngiting usal ko.

"Masaya ka pala e, tara.. Nilalamig nako e.."

At doon ko lang tuluyang nakita ang kabuuan nya! BASANG BASA ang katawan nya!

"N-Naulanan ka?!" gulat na tanong ko!

"Nagkabiglaan e.. Hindi ko naramdaman yung mabilis na buhos nung ulan.." nakangising sagot nya at nagsalubong naman ang kilay ko at saka marahang tinuktok ang noo nya!

"Pano kung magkasakit ka?! Tsk tsk! Tara na nga!" sabi ko at saka inakbayan sya! Binuksan ko ang payong at sabay naming tinahak ang daan papunta sa parking lot. **"Ipapasok ko yung kotse ko sa loob, susunduin natin sila.."** sabi ko pa at yun nga ang ginawa namin.

"Mababasa ang upuan mo, basa ako e.." malumanay na sabi nya pa.

"Ayos lang yan, matutuyo naman yan.. Pumasok ka na.." sabi ko pa na inalalayan sya papasok at saka ko isinara ang pinto ng passenger's seat.

Binuksan ko ang backdoor at kinuha don ang maliit na extra towel ko at saka ako muling lumapit sa kanya at pinunasan ang mukha nya.

"Thanks.."

"Magpunas ka, baka magkasakit ka.." at saka ako pumasok at nagdrive. **"Kuya, pakibuksan ang gate.."** utos ko pa sa guard na agad namang ginawa nito.

Hindi na mawala ang mga ngiti sa labi ko habang nagmamaneho ako pabalik sa loob ng school..

Pakiramdam ko ay nararamdaman ko pa rin ang malambot na labi nya sa labi ko..

"Taguro.." tawag ko sa kanya. Tumingin ako sa kanya at saka ngumisi ng nakakaloko! Sinamaan nya naman ako ng tingin. **"P-Pwede ko ba'ng kaadikan y-yung halik mo??"**

Nagkatinginan kami at bakas ang namumuong hiya sa pagitan namin.. Munit sa loob ko ay lamang pa rin ang tuwang nararamdaman ko!

Taguro.. Taguro.. Taguro.. Tsk tsk tsk..

OceanofPDF.com

CHAPTER 138

DEIB'S POV

Minadali ko ang pagpasok at ipinarada sa Gym ang kotse ko.

Marami pa rin ang students na hindi makaalis mula sa pagkakasilong sa harap ng Gym dahil sa sobrang lakas ng ulan! Mababasa sila kung susugod sila sa ulan.

Maaaring marami ang hindi inaasahan ang biglaang buhos ng ulan kaya naman maraming hindi rin handa at hindi nakapagdala ng kanya kanyang payon.

Parang nagliwanag naman ang paningin ng mga kaibigan ko nung makita ako. Bumaba ako ng kotse at saka nakapayong na sinundo sila isa-isa.. Inuna ko sila BJ at Michiko..

"Give it to me.." sabi ko pa kay Michiko na kinuha ang bitbit na bag nito.

"Thanks, Deib.." nakangiting sagot pa ni Michiko.

"Pasok muna kayo sa loob.." sabi ko pa at saka pinayungan silang dalawa papasok sa likod. At saka ko binuksan ang compartment at inilagay ang mga bag doon.

Muli akong bumalik sa gilid ng Gym at sinundo naman sina Tob at Lee.

"Lagay mo yung bag sa likod, dre.." sabi ko pa kay Tob.

"Wag kang malikot, Tob! Nababasa ako!" sigaw pa ni Lee sa kanya.

"Pucha, dre! Makasigaw ka---parang ang laki laki ng payong ah! Ang arte mo! Hahahaha!" sigaw sa kanya ni Tob.

"Ang lakas ng bunganga mo.." singhal ko naman kay Tob.

"Pucha---ano 'to!? Kampihan?!" nanlalaki ang mga mata'ng sigaw nya saming dalawa ni Lee! **"Pakyu kayong dalawa!"**

"Hahahaha!" sabay namin syang tinawanan ni Lee.

"Baka gusto nyong dito na rin ako sa compartment maupo??" nakangusong tanong nya pa samin.

"Hahahaha.. Don ka na sa loob! Pakiramdam mo na naman---api'ng api ka, loko!" natatawang sabi pa ni Lee sa kanya.

"Mukha mo!!! Bakit?! Hindi ba?! Badtrip kayo ah!" sigaw na naman ni Tob.

"Sige na! Sige na! Lintek ang ingay!!" biro ko pa kay Tob!

"Pakyuu! Pakyuu kayong dalawa! Pinagtutulungan nyo ko ah!!!"

"Hahahahahha!!!"

Nung makapasok sina Lee at Tob ay saka ko binalikan si Parrot..

"Nasan na si Migz??" tanong ko pa kay Parrot nung sya na ang susunduin ko.

"Hindi pa nga sya bumabalik e, sabi nya pupuntahan nya lang yung driver, hanggang ngayon wala pa.." sagot ni Parrot sakin at napatango naman ako. **"Teka, kasya pa ba ako dyan?!"** takang tanong nya at nilingon ko naman ang kotse ko. Puno na ang likod kaya naman... **"Don ako sa harap!"**

Gulat akong napatingin sa kanya nung mabilis syang sumilong sakin at dagliang hilahin ako papalapit sa kotse ko! Mabilis nyang binuksan ang pinto ng passenger's seat at isinalampak ang sarili nya kay Taguro!

"A-Aray!" masungit na singhal pa sa kanya ni Taguro! **"Aissh!!!!"**

"Patabi ah?! Hehehe!!!!" makulit na sagot sa kanya ni Parrot!

At natawa naman ako sa itsura nila. Muli akong lumingon at saka ko hinanap si Kim, at nung matanaw ko sya ay agad ko syang nilapitan.

"Kim.." nakangiting usal ko pa at nakangiting nilingon nya naman ako. **"Ibabalik ko na.. thanks.."**

"Ahh, sana hindi ka na nag-abala.." nakangiti ring sagot nya.

"Nasundo ko na sila e.." sabi ko na isinenyas pa yung kotse ko. **"Mmm.. susunduin ka ba ni Kez?? Kung hindi ka nya masusundo.. i-ihahatid na kita.."** bukal sa loob na alok ko pa. Sumilip naman sya sa kotse ko at saka natatawang tumingin sakin.

"Saan mo ko pauupuin?? Sa compartment??" natatawang tanong nya at nakitawa naman ako sa kanya.

"A-Ahh hahaha.. Hindi.. Ihahatid ko lang naman sa Parking Lot sila Lee at Tob, may dala rin silang kotse.. Sasabay rin sila Michiko at BJ kay Tob, si Naih naman ay ganon rin kay Lee.. Kaya.. okay lang.."

"H-Hindi na hehehe.."

"Sigurado ka??"

"Mmm.. sasabay na lang ako sa school bus.." tanggi nya pa kaya naman hindi na ako nagpumilit pa. **"Ingat kayo.."**

"Kung gusto mo, magpahatid ka na lang kay Lee??" pagpipilit ko pa.

"Nako, hindi na hehehehe.. May kasama sya e.."

"Ihahatid ka lang naman e, okay lang kay Parrot yun.."

"Hahahaha! Ikaw talaga.. Hindi na, sige na.. Okay lang ako.."

"Yiiiieee.. Muling ibalik!!!!"

Gulat akong napatingin sa gilid ko nung biglang may sumigaw!

Napatingin ako kay Kim at natawa sya..

"Hahahaha.." tawa ni Kim.

"H-Hehehe.." kunwaring tawa ko naman.

"Uuy!"

"Yiiieee!"

"Kyyaa!!"

"Waaaaa!"

"Yaaaaa!"

♪ ♫ **"Muling ibaaaalik.. ang tamis ng pag-ibig.."** ♫ ♪

At sabay sabay silang nagkantahan!

Demmit!

Pilit ang ngiti'ng iginanti ko sa mga students na nanunukso samin ni Kim, pilit kong hindi ipinakita ang inis ko dahil ayaw ko namang masamain nila ang reaksyon ko..

Kaya naman hindi ko na pinilit si Kim.

"Sa school bus ka na talaga sasabay ah??" tanong ko pa.

"Mmm.. Doon na lang ako, salamat.." nakangiting sagot pa ni Kim at tumango naman ako.

"Salamat ulit sa payong, wag kang magpapaulan.. Baka magkasakit ka.."

"Salamat, ingat kayo.."

"Sige, kayo rin.." sabi ko na sinulyapan pa ang mga kaibigan nya at saka muling ngumiti. **"Salamat ulit.. Ingat.."** dagdag ko pa at saka tuluyang bumalik sa kotse ko.

"Aray! Ang likot mo naman e!" sigaw ni Taguro kay Parrot!

"P-Parrot.. nasasaktan yung girlfriend ko.." suway ko sa kanya at pinandilatan naman nya ako ng mga mata!

"Kung nasasaktan yan---mas masasaktan ako kaya wag kang OA dyan! Hahaha! Max! Urong!!!"

"Hahahaa! Saglit lang naman e! Hanggang dyan lang sa parking lot e! Buti na nga lang sinundo ako ng gwapo'ng gwapong boyfriend ko e

hehehehe.. Hindi ko tuloy kailangang magmotor ngayon nyahahaha!!!!" dagdag pa ni Parrot at saka hinampas ang balikat ko!

"W-What?!" gulat na tanong ko.

"Bilis! Magdedate pa kami e heheheh!" biro nya pa kaya naman mabilis kong inilabas sa parking lot ang kotse ko.

"Hello??" si Michiko. Natahimik kaming lahat nung biglang may kausapin sya sa cellphone. **"Sure ka?? O sige.. Mag-iingat kayo ah?? Kaaalis lang rin namin e.. Sige sige.. Sige.. O sige, bukas na lang.. Itext mo ko kapag nakauwi ka na ah?? Sige.. Sige.. Bye.. ingat!"** napatingin pa ako sa kanya sa rear mirror. **"Guys, sa school bus na daw sasabay si Migz.."** si Michiko bago bumaba ng kotse ko nung marating namin ang parking lt. **"Wag mo na daw sya balikan sa loob, Deib.. BJ, yung notebook daw nya ng Math, nasayo.."**

"Oo! Jusko naman! Parang ikatatalino ko naman ang notebook nyang bakla sya!" singhal pa ni BJ at saka kami nagtawanan. **"O sya sya, tara na at may pupuntahan kaming binyagan ng parents ko.."**

"Uyy, thanks Deib ah! You're our hero hehehe.." si Michiko.

"Oo nga, salamaaat Deib!!!" si BJ.

"Hehehe.. sige lang.." sagot ko sa kanila. **"Ingat.."**

"Ako na maghahatid kila Michiko at BJ.. Salamat ulit, dre.. See you tomorrow.." paalam ni Tob at saka inalalayan si Michiko. **"Ingat kayo!"** sigaw nya pa at saka sila mabilis na tumakbo papunta sa kotse nya.

Sumunod naman sila Lee at Parrot.

"Mauna na kami, ingat kayo.. Salamat, dre!" paalam ni Lee at saka mabilis na tumakbo papunta sa kotse nya at binuksan ang passenger's seat! **"Sweetheart, let's go!"** tawag pa ni Lee kay Parrot.

"Pano ba yan?! Magdedate muna kami ng sweetheart ko hahahaha! Hoy! I'll see you later.." nakakaloko ang ngiting sabi pa ni Parrot kay Taguro at saka HINALIKAN SYA SA PISNGI!

"A-Anak ng---Umalis ka na nga!!!" sigaw ni Taguro sa kanya at saka tinulak sya papalabas!

"Hahahahaha! Lambot ng pisngi neto e! Bye bye!! Ingat kayo! Hoy Sensui! Salamat!!!" sigaw pa ni Parrot saka mabilis na pumasok sa kotse ni Lee.

~BEEP!~

~BEEP!~

Sabay na bumusina sina Lee at Tob sakin bago tuluyang umalis..

At saka ko nakangiting nilingon si Taguro at naramdaman nya naman agad yun kaya naman nilingon nya rin ako.. At saka ako ngumiti ng todo..

"Pano ba yan?? Solo na naman kita??" nakangising tanong ko pa. Hindi naman sya sumagot. Nananatili syang seryoso habang napapakagat naman ako sa labi ko habang pinipigil ang mga ngiting nagkukumawala sa mukha ko. **"Gusto mo---date tayo??"** nakangiting tanong ko.

"Kung kelan kasaganaan ng bagyo?? Nauulul ka na ba??" natatawang tanong nya at saka umirap sakin.

"Hahahaha! E san mo gusto'ng pumunta??"

"Ihatid mo na lang ako.."

Hindi ako nakasagot at nanatili lang akong nakanguso sa kanya!

Sa sobrang haba ng nguso ko ay nakikita ko yun kahit hindi ko tignan!

"Ano?" nakanguso ring tanong nya!

"A-Anong ihatid?!" nakanguso ring tanong ko!

"Ihatid.. Ihatid mo ko sa bahay---"

"Ayoko nga!" nakangusong sagot ko at saka padabog na sumandal sa seat.

"Tss.."

"Don ka muna sa bahay.." malungkot na pakiusap ko pa.

"Tss.. ano namang gagawin ko dun?"

"Edi sasamahan mo ko!"

"Sa dami ng kasama mo---bakit niyayaya mo pa ako?"

"Taguro naman e! Syempre! Dahil gusto pa kitang kasama! Gusto pa kitang makasama! At gusto ko parati kitang kasama! Ang tanga tanga mo naman!"

"Hahahahaha.. E bakit kasi hindi mo na lang sinabi?! Kung anu-ano pang kinukuda mo dyan.."

"Tch! Gusto rin pala.. nagpapilit pa.." tatawa tawa'ng bulong ko pa.

Nakangiting binuksan ko ang makina ng kotse ko.. At kasunod nun ay ang pagpapatugtog ko..

♫ ♪ ***'You tell me you're in love with me.. Like you can't take your pretty eyes away from me.. It's not that I don't wanna stay.. But every time you come too close I move away.. I wanna believe in everything that you say.. 'Cause it sounds so good.. But if you really want me, move slow.. There's things about me you just have to know.. Sometimes I run (sometimes).. Sometimes I hide.. Sometimes I'm scared of you.. But all I really want is to hold you tight.. Treat you right, be with you day and night.. Baby all I***

need is time.. I don't wanna be so shy.. Every time that I'm alone I wonder why.. Hope that you will wait for me.. You'll see that you're the only one for me.. I wanna believe in everything that you say.. 'Cause it sounds so good.. But if you really want me, move slow..There's things about me you just have to know..' ♫ ♪

"Tss.. hahahaha! Kamukha mo na si Britney Spears.."

"A-Ano?!" inis na tanong ko sa kanya!

"JOWK!" madii'ng sagot nya!

"Tch! Kamay!"

"Eh!?"

"Kamay!!!"

"Anong kamay!?"

"Kamay mo!"

Taka syang inabot ang kamay nya at ngingisi ngisi naman akong inabot yun at saka nagsimulang magmaneho..

"Tss.. yan ang sweetness sayo?? Ang magdrive habang magkaholding hands?!" sarkastikong tanong nya at nakangiting tumango tango naman ako.

"Oo naman yes.. Hehehe!"

"E kung magpakasagasa na lang tayo!? At least yun--mabilis! Hindi yung ganitong inuunti-unti mo pa!"

"A-Alam mo, yang isip mo.. napakabrutal!"

"Tss! E pano may pahawak-kamay hawak-kamay ka pang nalalaman dyan! Kasama mo na nga ko't lahat e.. gumaganyan ka pa.. Hahaha!" sabi nya saka ibinato sakin ang kamay ko!

Tinitigan ko sya ng masama at saka muling ngumuso ng matindi sa kanya!

"Ang sama ng ugali mo! Matapos mo kong pasayahin---eto ipapalit mo!? Huhuhuhuhu.."

"Bading ka pa! Tsk tsk.."

"Huwaaaa! Hoy Taguro ah! Namumuro ka na!" galit kunwaring singhal ko sa kanya!

"Ayos lang yan, para mamaya.. kikiligin ka na lang ulit.."

Hehehehe!

"Siguraduhin mo lang.." galit pa rin kunwaring sabi ko at saka muling itinuon ang atensyon sa pagmamaneho.

Maya maya pa ay narating rin namin ang bahay..

"Dito ka lang, kukuha lang ako ng payong sa loob.." paalam ko pa kay Taguro.

"Hindi na, sabay na tayo pumasok.."

"Mababasa ka e.."

"Basa na rin naman ako e.."

"Wag na!" inis na singhal ko sa kanya. **"Baka magkasakit ka nyan e!"**

"Tss.. ako pa?! Hindi na.. tara na.."

"Wag ka ng makulit, Taguro!"

"Wag ka na ring makulit.. Nagugutom nako e.."

"Nagugutom ka na?? Bakit hindi ka nagsabi? Sana dumaan muna tayo sa---"

"Hindi na.. Tara na.. Nasan na ba yung gamit ko??"

"Nasa compartment pa nga e.."

"O sya, tara.."

"Mababasa ka e.."

"Ayos lang, kasama naman kita e hehehe.. Gusto mo maligo pa tayo sa ulan e hehehehe.."

"T-Talaga??" manghang tanong ko pa.

"Tss.. e kung kotongan kita?! Talaga ka dyan.. Tara! Dali!"

Napapailing na tumingin na lang ako sa kanya pero mabilis nyang binuksan ang pinto at lumabas!

"H-Hoy! Taguro! B-Babe!!" sigaw ko pa!

"Buksan mo yung compartment!" sigaw nya pa!

"A-Aish! Tsk! Siraulo ka! Nagpapaulan ka pa e!" sigaw ko matapos buksan ang compartment at saka mabilis rin akong lumabas at lumapit sa kanya!

Mabilis kong kinuha ang gamit naming dalawa at saka sumugod sa ulan papasok sa gate!

"Bilis! Bilis! Pasok!" sigaw ko pa habang sinisilungan sya gamit ang bag ko! **"Dyan ka muna, ipapasok ko lang yung kotse---"**

"Magpayong ka.. Oh.."

Napatingin ako sa kanya nung pagbuksan nya pa ako ng payong at saka iniabot yun sakin..

"I love you.." nakangiting bulong ko pa at saka kinuha yun at bumalik sa kotse ko ng nakangiti pa rin!

Ipinasok ko sa garahe ang kotse ko at saka inilock ang mga pinto nun.

Pagbaba ng kotse at paglapit ko kay Taguro ay bukas na ang pinto ng bahay at nandoon na si Manang.

"Oh??? Bakit nagsipagligo kayo sa ulan?! Kayo'ng mga bata kayo---naghahanap kayo ng sakit ng ulo, ano!" galit na tanong ni Manang at napangisi naman ako.

"Balak pa nga sana naming maligo sa ulan, Manang e.. Hehehehe---"

"Magtigil kang bata ka!!"

Ngumuso ako kay Manang at pinamewangan nya naman ako.

"Ano ba'ng nangyayari sa inyo't ngayon nyo pa nakuha'ng magsiligo sa ulan kung kailan may bagyo?!" sigaw na naman ni Manang.

"Manang, who's in there?" dinig namin ang papalapit na boses ni Mommy. **"Omo! W-What happened to you??"** gulat na tanong sakin ni Mommy at saka napangiti nung makita si Taguro. **"Omo! Hellooooooo Maxi---bakit mga basa kayo?! Nagpaulan kayo?!"** biglang nag-alala ang tono nya!

"Good morning ho.." bati ni Taguro kay Mommy.

"Good morning, baby hihihihi.."

"S-Sinuspend ang klase, Mom.. W-Wala kaming payong pareho, we have no choice---"

"Aba e magkakasakit kayo nyan! Hala! Pumasok na kayo sa loob ng makapagpalit kayo! Ang mga bata'ng ito, oo!" si Manang.

"Tara, pasok tayo.." bulong ko pa kay Taguro at saka ko sya inalalayan papasok.

"Son??" gulat na bungad samin ni Dad. Tumingin pa muna sya kay Taguro bago muling tumingin sakin. **"Anong nangyari sa inyo?"**

"Good morning ho.." bati ni Taguro sa kanya.

"Good morning, iha.."

"Suspended ang class, Dad.. Hindi ba nabanggit ni Lolo??"

"Hindi.. O e bakit basa kayo?"

"W-Wala po kasi kaming dalang payong.. D-Dyan nalang naman po ako sa harap ng bahay nabasa dahil wala kaming payong papasok dito sa loob.."

"Sana tumawag ka na lang para labasin ka namin sa labas.. Tsk tsk.." maawtoridad na sagot ni Dad.

"Sige na, baby.. Maxi?? Umakyat na muna kayo sa kwarto ni Deib at magpalit.."

Sabay kaming gulat na napatingin kay Mommy!

"M-Mom?!" gulat na tawag ko pa sa kanya!

"Yes, Baby??"

"A-Anong umakyat na kami at magpalit?? Okay ka lang??" tanong ko pa!

"Ahh yeah.. hihihi! I forgot! Hihihihi! Ooohh my God I'm so sorry, Maxi.. Hihihi.."

Tsk!

"Pahiramin mo na muna ng damit si Maxi, doon mo na paliguin sa washroom mo.. Doon ka na maligo sa kwarto namin ng Mommy mo.." si Daddy.

"M-May guestroom tayo, Dad.." pilit ang ngiting sabi ko pa.

"Ginagawa ang guestroom, kasabay ng study room.. Hindi ba??" paalala nya pa.

Napaingit ako sa hiya dahil sa mga sinasabi nila!

Inalalayan ni Mommy si Taguro habang si Manang naman ay nakasunod sakin.

"Ikaw bata ka talaga, oo.." singhal pa sakin ni Manang. **"Sige na at pumasok ka na sa kwato ng Mommy mo't maligo ka na.. hahatiran na lamang kita doon ng isusuot mo.."**

"Manang, a-ako na lang po ang kukuha.." nahihiyang sabi ko.

"O sya sige't ipaghahanda na lang kita ng pampaligo.." sabi nya pa at saka tinalikuran ako.

Ano bang ipaghahanda ng pampaligo?! Ano ba ako?! Prinsipe?! Anak ng... Aaaiish!!!!

Napapailing na sumunod ako kila Mommy papasok sa kwarto ko.

"Marami namang damit si Deib dyan na hindi nya pa nagagamit, yun na lang muna ang gamitin mo, Maxi.." nakangiting sabi pa ni Mommy sa kanya habang ako naman ay dumeretso na sa closet habang napapakamot ng ulo.

Para kokonting ulan lang naman yung sakin.. Tsk!

Kumuha ako sa closet ko ng damit na hindi ko pa naisusuot..

"H-Here.." abot ko kay Taguro. **"P-Pangtulog yan actually kaya pair.. y-yan na lang isuot mo.. Hindi ko pa naisusuot yan.."**

"Thanks.." sabi nya pa. **"Itong t-shirt na lang ang hihiramin ko, may dala akong shorts.. at i-iba pang gamit.."**

"At bakit ka naman may dalang gamit?? May lakad ka ba?!" takang tanong ko sa kanya.

"May dala ako lagi para kung halimbawang may biglaang practice ang DT.."

"Tch.."

"Maxi, iha, bakit nga pala hindi ka nakauniform??"

"P.E. nila kanina.." ako ang sumagot sa tanong ni Mommy.

"I see.. O sya sige na baby, maligo ka na doon at baka sipunin ka.. Ako na ang bahala kay Maxi na magbantay dito.." si Mom.

"Sige po.." sabi ko pa at saka pumunta sa kwarto nila Mom.

At doon ko inilabas ang matindi kong ngiti!!!!

Hehehehe!!! Naiisip ko pa lang na makakasama kita magdamag.. parang tinutunaw na ang puso ko sa tuwa! Nyahahahaha!

"Maligo ka na, ano ka ba!"

Gulat akong napalingon sa pinto ng washroom sa biglaang pagsigaw na yun ni Manang!

"Ano pa bang ingiingiti ngiti mo diyang bata ka?! Nalololo ka na ba?!" nakapamewang pang tanong ni Manang at napailing naman ako! **"Kesyo mo sasaglit saglit kang naulanan---kailagang ligo agad at baka sipunin ka! Sige na't mainit na ang tubig ng shower.."**

"Thank you po Manang.." nakangiting sabi ko pa.

"Hala sige.."

Mabilis akong naligo habang nagkakakanta pa doon sa loob! Hindi mawala sa isip ko yung paghalik ni Taguro sakin kanina..

Kaya naman natigilan ako sa pagsasabon ng katawan ko sa isiping yun..

Nakangiting hinawakan ko pa ang labi ko at saka tumawa!

"Hahahahahahahahahaha!!! Aiiisshh.. ang lambot lambot ng labi nya.." mahinang usal ko pa sa sarili at saka napasinghap ng hangin. **"Mahal nya talaga ako.."** nakangiti at tatangu-tangong sabi ko pa at saka nagpatuloy sa pagligo..

Nung matapos ako ay doon na rin ako nagbihis at nag-ayos ng sarili ko..

Kasalukuyan akong nagpupunas ng buhok ko nung biglang pumasok si Dad sa kwarto at naabutan ako.

"Dad.." bati ko pa sa kanya habang nakatingin sa salamin.

"Tumawag na sakin ang Lolo mo, nabanggit kong nakauwi ka na nga.."

"Mmm yeah, alanganin naman yung suspension ng class.. Sana sinuspend na kaninang umaga pa lang.. Binalita naman pala sa news na may bagyo.."

"Ayun nga, hindi daw nabanggit sa news na damay ang Laguna sa dadaanan ng bagyo kaya hindi rin nila sinuspend.. Kaya ayon ang Lolo mo, abala pa sa pag-aasikaso nung school bus nyo dahil marami pa ring naiwang students daw doon sa school nyo na walang service.."

"Mmm.. nandoon nga rin si Kim at yung mga friends nya e.."

"Bakit hindi mo pa inihatid?"

"Ayaw nya e.." kibit-balikat na sagot ko at nangiti naman si Dad kaya nagtaka ako. **"Why, Dad??"**

"You like her that much?"

Taka akong napatingin kay Daddy pero hindi ko sya nagawang sagutin..

"I'm talking about Maxi.. Do you like her that much?"

"Of course, Dad.." seryosong sagot ko.

"Mmm.. no wonder nakalimutan mo agad si Kim.." nakangiti munit seryosong dagdag nya. **"I'm happy for you son.."**

"Hehehehe.. thanks, Dad! You're the best.."

"Basta.. pag-igihan mo ang pag-aaral mo ha?? Yan lang ang hiling namin sa inyo ng Ate mo.."

"O-Of course, Dad.." napapalunok na sagot ko.

"O sige na.. puntahan mo na si Maxi at kumain na kayo sa baba.. Nagpahanda na ako ng pagkain.. Aalis na muna kami ng Mommy mo.."

"P-Pero Dad.. b-bumabagyo??"

"Yeah.. Kaya nga kami umaalis, kasi bumabagyo.. Hahahaha! Kailangan kami sa health center ng Sta. Cruz.."

Salubong ang kilay na napatingin ako sa kanya.

"E-Eh bakit hindi nyo na lang ipaubaya sa mga tauhan nyo??" salubong ang kilay na tanong ko.

"Hindi na, ano ka ba? Ayos lang kami.."

"Tsk.. kung kailan naman bumabagyo.."

"Look son, this is our job.. Remember?? We're helping people.. And this is the right time to help them.. maraming nangangilangan ng tulong namin sa twing ganitong panahon.. Don't worry, we'll be okay.."

Hindi ako nakasagot at napailing na lang ako.

"Just be safe.. Call me often.."

"I will.." tatangu-tangong sabi nya pa at saka yumakap sakin at nagpaumunang bumaba.

Kaya naman pinuntahan ko muna si Taguro.

Pero bago pa man ako pumasok sa kwarto ko ay kumatok pa muna ako..

~KNOCK! KNOCK!~

"Taguro??" tawag ko pa sa kanya.

~KLANGK~

Binuksan nya ang pinto.

Napatingin ako sa kabuuan nya..

Ang cute cute nya na naman!!!! Hahahahaha!

Gusto ko syang lapitan at yakapin pero baka may makakita samin hehehe! Kaya naman nakangiting pinagmasdan ko na lang sya..

"Anong nangyari sayo?" takang tanong nya pa.

"Ang cute mo.."

Takang tumingin sya sakin at saka tinignan ang kabuuan nya.

Malaki sa kanya ang shirt na pinahirap ko habang abot tuhod naman ang shorts na suot nya..

"Tara na sa baba, nagprepare na sila ng foods.."

"Sige.."

Kinuha ko ang kamay nya at saka kami sabay na bumaba at pumunta sa kitchen.

"Aaaawww!" si Mom.

"Ang sweet sweet naman ng couple natin dito.. yiiiieeeee!!!!"

"M-Mommy naman e.." pigil ang ngiting sagot ko.

"You look cute!"

"I know.. hehehehe.."

"O sya.. come here.. Kumain na kayo.. Come here, Maxi.." sabi ni Mommy na inaabot pa ang kamay nya na kinuha naman ni Taguro. Inalalayan ko pa rin si Taguro para maupo at saka ako naupo sa tabi nya. **"Aalis kami ng Daddy mo, baby kaya kayo munang bahala dito.. Pupunta kami sa Sta. Cruz, Laguna.. Bukas pa ang uwi ng Ate mo.. Kasama nyo naman si Manang kaya kung may kailangan kayo ay sabihin nyo lang sa kanya.. Pero wag mo namang papagurin ang Manang mo, ha??"**

"Kailangan ba talagang pumunta kayo don ngayong bumabagyo, Mommy??" nag-aalalang tanong ko.

"Yes, of course.. Trabaho naming ireach out ang mga tao'ng nangangailangan sa ganitong panahon, baby.." pagpapaintinding sagot ni Mommy. **"Kawawa naman yung mga tao'ng nilalamig sa iba't ibang**

lugar.. hindi namin matitiis ng Daddy mo na panoorin lang sila sa TV, baby.." nakanguso at umiiling pang sagot ni Mommy sakin.

"Tch.. Mag-iingat kayo, okay? Kayong dalawa.." pag-uutos ko pa sa kanila at tinawanan naman nila ako. **"I'm serious!"** seryoso'ng singhal ko pa at ngumiti naman sila sakin.

"Masusunod kamahalan.." malambing na sagot pa ni Mommy.

"Kumain muna kayo, bago kayo umalis.. please?" pakiusap ko pa.

"Sige sige.. hinihintay rin namin yung mga relief goods na inorder namin para ipapamigay namin doon.. Kasama rin namin ang Lolo mo doon, mauuna lang kami kasi kasabay nya yung mga donations na relief goods mula sa ibang lugar.."

Sabay sabay kaming kumain at nananatiling tahimik si Taguro at nakikinig sa walang humpay na kwento ni Mommy.

Habang kami naman ni Daddy at Manang ay nakikitawa lang sa kanya..

"Yes.." si Mom. **"Ang bad bad ng baby ko.."** iiling-iling pang sabi ni Mom at napangisi naman ako. **"Imagine, Maxi?? Yung student pa na binully nya ang nagsorry samin?? At alam mo kung anong reason nya bakit sya nagsosorry samin?? Dahil ang mabait naming baby ay ayaw daw sa pangit na tulad nya! So mean!"** nakangusong nginiwian pa ako ng Mommy ko!

Napapahiyang napayuko naman ako!

"Ang bad bad nya! Super daming nagdrop at nagtransfer ng school dahil sa kanya.." nakangusong dagdag pa ni Mommy.

"Hahahahaha.. Kung hindi ko gagawin yun Mom, hindi ako makakahanap ng katapat ko.." nakangising sabi ko pa at saka sumulyap kay Taguro na singhalan naman ako ng tingin! **"Hehehehe.. Masyadong matapang ang isang 'to.. hindi kinaya ng mga papogi ko hahahaha!"**

"Bakit nga ba babae ang mga binubuyo mong bata ka?? Aba e kung hindi mo lang nobya si Maxi, iisipin ko ng bakla ka.." si Manang!

"Tss.. hahahaha.." dinig na dinig ko ang mahinang bungisngis ni Taguro!

"Anong itinatawa tawa mo dyan ha??" galit kunwaring tanong ko sa kanya.

"Sabe na sayo e.. *'halata'* ka hehehe.."

"Tch! Lagot ka sakin mamaya.." mahinang bulong ko pa sa kanya.

~BEEP!~

Sabay sabay kaming napalingon nung biglang may bumusina sa labas..

"May tao yata.." biglang tayo ni Manang.

~BEEP!~

"Baka yung relief goods na yan.." biglang tayo si Mom at sumunod kay Manang. **"Ayy Dad! Ayan na nga ang mga relief goods! Let's go.."** dagdag ni Mommy kaya naman tumayo ako at lumapit sa kanila. Nung makita kong sumunod si Taguro ay kinuha ko ang kamay nya at saka kami sabay na lumapit kila Mommy.

"Mom, Dad.. call me from time to time okay??" utos ko talaga.

"Sure.. mauna na muna kami.. Manang, ikaw na ang bahala sa mga bata.." si Dad.

"Oo sige, magsi-ingat kayo.." si Manang.

Pinanood pa namin sila Mom and Dad sumakay sa kotse hanggang sa makalayo..

"Okay ka lang ba?" biglang tanong sakin ni Taguro dahilan para lingunin ko sya.

"A-Ahh, oo naman.. bakit?"

"Parang alalang alala ka e.. magiging okay lang sila.." malumanay na usal nya pa dahilan para mapangiti ako.

"I know.." nakangiting sagot ko at ngumiti rin sya.

"Sige na at ipagpatuloy nyo na ang pagkain nyo.." sabat ni Manang. **"Aayusin ko lang yung mga labahin ko.."**

"Sige po, Manang.." sagot ko.

Hinawakan ko si Taguro sa kamay at saka marahang hinila pabalik sa dining area.

"Kumain ka ng marami.." sabi ko pa. **"Tapos manonood tayo ng movie hehehehe.."**

"Tss.. yung love story na naman?" ungot nya.

"Hahahahahah.. Bakit ba ayaw mo ng love story???" natatawang tanong ko.

"Hindi naman sa ayaw.. hindi lang ako nag-eenjoy.." sagot nya at taka naman akong napatingin sa kanya.

"Eh?! Hahahaha.. Ang weird mo.."

"Hanep.. hindi lang nag-eenjoy, weird na?? Yang isip mo ang weird.."

"Tch! E kadalasan kasi.. kayong mga babae ang mahihilig sa love stories, kaming mga lalaki naman ang mahilig sa mga action movies.."

"Hindi ba pwede'ng sa dami ng babae---maiba yung trip ko?? Hehehe.. Mas gusto ko manood ng patayan.."

Mabilis naming tinapos ang pagkain at maya maya lang ay inalalayan ko sya papunta sa sala..

"Gusto mo makita ang buong bahay namin?" nakangiting tanong ko pa. Inilibot nya naman ang paningin nya sa kabuuan ng sala.

"Ilang araw ba bago ko malibot ang kabuuan??" natatawang tanong nya.

"Tch.. maliit lang 'to.."

"Hanep! Hahahaha! Kung maliit 'to e ano pa yung apartment namin ni Naih?? Karton ng posporo??"

"H-Hindi ah..."

"Hindi na.. hindi ako sanay magtingin sa bahay ng iba.."

"A-Anong iba?! Hindi ka na iba sakin! Hindi ka na rin iba sa kanila.."

"Hindi naman yun ang ibig kong sabihin e.. Hindi lang talaga ako sanay ng nililibot ang bahay na hindi naman sakin.."

"Tch! Ang sabihin mo.. hindi ka lang interesado.."

"Yon! Hehehehe.."

"Tch.. Hindi ka interesado sa bahay namin?!"

"Mmm.. sabihin na lang nating.. kung ako ang may ari ng bahay na 'to.. at dinala ni Maxwell ang girlfriend nya dito at iginala sa buong bahay at ipinakita ang kwarto ko---hinding hindi ko yun magugustohan.." nakangiti munit seryosong usal nya.

"B-Bakit naman?"

"Para kasi sakin ay pribadong buhay ko na yun.."

"Ang weird mo talaga.."

"Nagpapakatotoo lang.." nakangising sagot nya pa.

"O sige.. Tara na lang sa veranda.. ipapakita ko sayo yung pool.."

"May swimming pool pala kayo?"

"Mmm.. Hindi mo lang nakikita kasi nasa likod ang pool area.. Hindi natin mapupuntahan yun ngayon kasi malakas ang ulan.. Kaya doon na lang tayo sa veranda.. tatanawin mo na lang.." yaya ko sa kanya.

"Sige.."

Hinawakan ko sya sa magkabilang balikat at saka marahang tinulak paakyat sa kwarto ko..

Pagdating doon ay dumeretso kami sa veranda..

Iniwan ko namang bukas ang mga pinto..

"Hindi ba tayo mababasa dito?" tanong nya pa. **"Malakas ang hangin.."**

"Hindi yan.." sabi ko pa na itinuro kung hanggang saan ang bubong. **"Malayo oh.."** sabi ko pa at saka marahang tinulak syang muli papalapit sa mismong pasimano ng veranda. **"Ayun ang pool.."** sabi ko pa sabay turo.

"Ang laki ah??"

"Mmm.." tango ko pa.

"Sa Birthday Party ko.. Lalagyan ni Mommy ng glass floor ang kalahati ng pool para maging dance floor.. Yung kalahati naman ay iiwanang open para sa mga gustong magswimming sa time na yun.."

"Nice.. pwede pala yun?"

"Mmm.. ganon ang ginawa nung debut ni Noona.. Pero buong pool ang nilagyan ng glass floor that time kaya.. hindi nakapag-enjoy magswimming yung mga gustong magswimming.. Kaya nung pinagplanuhan nila itong parating na birthday ko.. si Noona ang nagsuggest na yung half lang nung pool ang gawing dance floor.."

"I see.. angganda namang idea nun.."

"Mmm.. para kang nakatapak sa tubig.. Cool.. Hehehehe.."

"Ano palang gusto mong regalo sa birthday mo?"

Hindi ko agad sya sinagot.

Pumunta sa likod nya at yumakap sa mga balikat nya.

Inayos ko pa ng pisngi ko ang buhok nya para magtabi ang parehong pisngi namin..

"Alam mo naman na kung anong gusto kong regalo, di ba??" malambing na bulong ko pa.

"Tss.. alen? Yung pakasalan ka??" sarkastikong tanong nya pa at tumango tango naman ako sa balikat nya. **"Tss.. Magdidisinuebe ka pa lang----pag-aasawa na naiisip mo?? E hirap na hirap ka nga sa Bio!"**

Napalingon ako sa kanya at tinignan ko sya ng masama habang nakanguso pa!

"S-Siraulo ka ah!" inis na singhal ko sa kanya! **"P-Paglalambing ang tawag dyan! Tsk! A-Alam mo ikaw?! A-Ang hirap hirap mong lambingin!"**

"Tss.. ano namang kalambing lambing dun??" sarkastikong tanong nya at nginusuan ko lang sya!

"Edi kung hindi mo pa kayang ibigay ngayon yung regalo'ng gusto ko---taon taon ay nagbibirthday ako! Mamili ka na lang ng tao'ng gusto mo!"

"Hahaahah.." bahagya munit mahabang tawa nya kaya naman natigilan ako at nakangising ngumuso pa rin sa kanya. **"Hindi ko naisip yun ah.. Hehehehe.."**

"Tch! Weak ka rin pala e hahahaha!" pang-aasar ko pa sa kanya at tumahimik naman sya pero nakangiti pa rin.

Nararamdaman ko sa pisngi ko ang pagngiti nya kaya naman kahit hindi ko sya lingunin ay alam ko kung nakangiti sya o hindi..

Amazing..

"Ang bango mo, Babe.." bulong ko pa at natahimik naman sya. **"Ang bango ng buhok mo, hehehehehe.."**

"Tss.. bading ka talaga! Hahahahahaha-----"

Natigilan sya nung biglang iharap ko sya sakin.

"Tumingin ka sa mga ko at saka mo sabihin saking bading ako.." seryosong sambit ko dahilan para dahan dahang mawala ang mga ngiti sa mukha nya at mapalitan yun ng kabadong itsura.

Napasandal sya sa pasimano at inihawak ko naman sa magkabilang gilid nya ang dalawang kamay ko dahilan para paggitnaan sya ng mga ito.

Tignan natin kung makakapalag ka pa..

"Come on, Taguro.. Say it.." mariing hamon ko pa.

"Tss.. para n-nagbibiro lang e---"

"Dyaaaan ka lang.." pigil ko pa sa kanya nung astang tatalikod sya sakin!

"Ngayon mo sabihin saking bading ako.." muling hamon ko.

"B-Biro lang yun---"

"Sabihin mo..." natatawang hamon ko!

Hindi ko mapigilang hindi tumawa dahil kitang kita sa mukha nyang kinakabahan sya!

Haaha! Ano ka ngayon??

Yung Taguro'ng seryoso at blangko ang reaksyon ay nakikita kong NAIILANG, KINAKABAHAN at NAHIHIYA ngayon sa mismong harap ko at yun ang nakakapagpatawa sakin!

Kinagat ko ang labi ko at saka nakangising tumitig sa labi nya..

At dahil sa ganoong ekspresyong ibinigay ko at mas bumalatay ang kaba sa mukha nya dahilan para dahan dahang maiatras nya pa ang mukha nya!

Nakangising inilapit ko naman ng bahagya ang mukha ko sa kanya dahilan para makita ko ang paglunok nya!

"Bakit hindi mo masabi??" nakakaloko ang ngiti'ng tanong ko pa. **"Sabi mo bading ako di ba??"** mayabang na tanong ko habang unti-unting inilalapit muli ang mukha ko sa palayo ng palayo nyang mukha! **"Ang hirap sayo.. sinabihan ka na nga ng mabango.. sasabihin mo pang bading ako.. Bakit hindi mo ngayon sabihing bading ako??"** ulit ko habang pinipigilan pa ang tawa ko!

"S-Sensui, b-baka mahulog ako d-dito.." pagpapalusot nya nung wala na syang maatrasan dahil nakaliyad na sya sa harap ko!

"Pano ba yan?? Mukhang labi ko lang ang makakapagligtas sayo para di ka mahulog dyan??" mayabang na tanong ko at nagsalubong naman ang mga kilay nya!

"T-Tss! Baka kayang kaya kitang s-sipain ngayon dito?!"

"E bakit hindi mo gawin??" nakangisi pa ring tanong ko at natigilan sya agad agad!

Mabilis kong inilapit ang mukha ko sa kanya dahilan para mabilis ring mapapikit sya!

"You're sweating, babe.." natatawang bulong ko sa tenga nya!

"Hahaha!!!!" at saka ako nagpakawala ng malakas na tawa! **"Bakit takot na takot ka??"** natatawa pa ring tanong ko at lumabas naman ang pangil nya sa sobrang pagkakangiwi! **"Hahahaha!! Natatakot ka bang halikan kita??"** sarkastikong tanong ko pero hindi sya nakasagot! **"Pero kanina kung halikan mo ko.. ganon ganon na lang?? Hindi ko ba pwedeng gawin yun sayo??"** natatawang tanong ko.

"M-Manahimik ka n-nga! Wag kang TH! A-Alis!"

T.H./TH: Means TRYING HARD. Hehe d^_^b may nagtanong kasi sa comments nung nakaraang CHAPTER, you know who you are d^_^b nagpost rin ako sa message board mo kaso baka hindi mo nabasa.*

"Sinong TH?? Hahahahahaha!" biro ko pa!

"A-Alis nga k-kasi!"

"Hahahaha! Bakit nauutal ka?? First kiss mo ko di ba??"

"T-Tss.."

"First kiss mo ko, di ba??"

"A-Alis sabi---"

"First kiss mo ko.. Hahahahahahaha!!"

"Ang k-kulet mo na naman e! Alis!" sabi nya at saka tinulak ako!

Yung tulak nya ay hindi sing lakas ng inaasahan ko!

Kaya naman mabilis kong hinila pa rin ang kamay nya at muling isinandal sya sa pasimano.. At saka muling ipinagitna sa mga kamay ko!

"Dito ka lang.. kinakausap pa kita e.." nakangiti pa ring usal ko.

"W-Wag ka sabing makulet.. n-napipikon nako!"

"Hahahahaha! E bakit hindi ko makita ngayon yung mga galit sa mga mata mo kapag si Choco ang kaharap mo??" sarkastikong tanong ko.

"D-Dahil hindi naman si Choco ang kaharap ko---"

"Oo nga pero.. pikon ka rin naman sa kanya di ba?? Kung napipikon ka na sakin ngayon---bakit parang naiilang ka lang??"

"H-Hindi ako naiilang! B-Bakit ako maiilang!"

"Edi tumingin ka lang sakin..."

"U-Umalis ka nga sabi d-dyan---"

"Bakit ba?? Hahahaha! Wala naman akong ginagawa sayo--oh??" natatawang sabi ko at na tinignan ko pa ang sarili ko saka muling tumingin sa kanya. **"Ni hindi nga kita hinahawakan e.. Hahahaha.. Anong nangyayari sayo?? Hahahaha!"**

"Kinikilig ka?" nakangiting tanong ko pa.

Hindi sya sumagot!

"Babe?? Kinikilig ka??"

"H-Hindi.."

"Kinikilig ka e.."

"H-Hindi nga s-sabi---"

"Kinikilig ka.. Kitang kita ko oh.." natatawang sabi ko na itinuro pa ang mukha nya.

Sininghalan nya ako ng tingin at umastang aalis muli pero pinigilan ko na naman sya..

"Dito ka lang sabi---"

"Bitiwan mo ko---masasaktan ka talaga!" banta nya pero hindi ako nagpadala.

"Eh kung ayoko?? Sasaktan mo talaga ako??"

"Oo!"

"Talaga??" nakangisi pa ring tanong ko kaya naman mas sumimangot pa sya!

"Oo nga sabi e!"

"Hahahahahahahahahaha! Hindi mo magagawa yun.."

"Tss.. sinong may sabi sayo?"

"Yung puso ko.. dinidikta ng puso ko na hindi mo magagawa yun dahil mahal mo ko.." nakangising sagot ko at tinaasan nya naman ako ng kilay! **"Sabihin mong hindi??"**

"Hinde.."

Dahan dahang nawala ang mga ngiti, ngisi, tawa at kung anu ano pang positibong ekspresyon sa mukha ko at lahat yun ay napalitan ng pagtataka, inis at tanong!

"A-Anong hinde?!" inis na tanong ko! **"H-Hindi mo ko mahal?!"**

"Tss.. Hahahahaaha!!!!!" sya naman ang tumawa ng nakakaloko!

"H-Hoy, Taguro! Wag mo kong tatawa-tawanan kapag ganitong seryoso ako sa tanong ko!"

"Parati mo na lang pinagdududahan ang nararamdaman ko, noh?? Ano pa bang pwede kong gawin para maniwala ka sa nararamdaman ko ha?? Hahaha!"

"Sabihin mong bading ako.." nakangising utos ko. **"Habang nakatingin sa mga mata ko.."**

"Tss.. Hindi ka bading.. lalaking lalaki ka nga e.." nakangisi ring sagot nya. **"Biruin mo.. basketball lang---nagkagirlfriend ka na.. Umulan lang---nahalikan ka na?"** nang-uuto pang dagdag nya! **"Tss.. Aigoo.. i-namjaneun jiche---jiche jinja.. Hahahaha.."**

Translation: This guy is a retard..

WTF????

HINDI KO NAINTINDIHAN!

"A-Anong sabi mo?!" inis na tanong ko at sumeryoso naman sya!

"A-Alin??" maang-maangang tanong nya!

"Yung sinabi mo! H-Hindi ko naintindihan e! A-Anong ibig sabihin nun?? Minumura mo ko, no?!"

"T-Tss.. h-hindi.. Hindi ko magagawa yan.." inosenteng sagot nya pa!

"Oh e ano nga yung sinabi mo??"

"Wag ka ng makulet.. Hehehe.."

"Tch.." singhal ko sa kanya at saka muling ngumiti.. at tinitigan ang mukha nya..

5

4

3

2

1

"A-Ano nga ba'ng nagustohan ko sayo, Taguro?" malumanay na tanong ko pa. **"Hindi ka naman sobrang ganda pero twing nakikita kitang tumatawa, pakiramdam ko.. anghel ka.."** nakangiting usal ko. **"Kapag tumitingin ka sakin.. parang yung mga mata mo--may sinasabi na.. H-Hindi ko maintindihan.. hindi ko maipaliwanag.. pero lahat alam ko.."**

Nananatili lang syang nakatingin sakin at tinatanggap ang mga sinasabi ko..

Hindi sya nakangiti..

Pero hindi rin sya galit..

Seryoso sya..

Pero hindi nakakatakot..

Parang iniintindi nya lang lahat ng sinasabi ko..

At tulad ko.. pumapasok lang yun sa utak nya at saka bababa papunta sa puso nya.. tapos hindi na yun aalis dun! Hahaha! Ang tali-talino ko talaga!

"Kagabi.. naiisip ko pa.. Ganon na lang ba parati? Twing sasabihin ko sayo'ng *'I love you'*, wala akong matatangaap na sagot?? A-Aaminin ko.. h-hahahah.." nagpakawala ako ng pekeng tawa dahil naunahan ako ng hiya sa gusto kong sabihin a kanya. **"..n-nag-aalinlangan ako k-kung tama ba yung n-nararamdaman at nakikita ko sayo.. K-Kung tama ba yung pakiramdam ko na.. pareho tayo ng nararamdaman---kasi.. hanggang ngayon h-hindi ko maintindihan kung b-bakit pasok ng pasok si Randall sa buhay nating dalawa.. Wala naman na kayo.. may girlfriend na sya at mas gwapo sa kanya ang boyfriend mo---"**

"Tss.."

"Wag ka ng pumalag.. totoo naman e.." biro ko pa sa kanya at saka ako nagtuloy. **"H-Hindi ko lang talaga maintindihan kung bakit kailangang p-parang kabute syang sulpot ng sulpot kung san san.. Tsk!"** at saka ko sya nginusuan. **"Kung hindi pa ko magseselos sa kanya hindi mo pa talaga sasabihing mahal mo ko.. Tch.."** at saka ko sya tinignan kunwari ng masama.

"Lahat ba talaga ng I love you kailangan ng I love you, too?? I don't think so.. Para sakin, hindi naman yung bilang ng aylabyu-han ang batayan ng nararamdaman kung hindi yung kung pano mo yun mapapatunayan.."

"T-Tch! Oo nga! Pero iba pa rin yung sinasabi mo! Lahat ng kilos may kaukulang salita dapat! Kung panong lahat ng salita ay sinasabayan ng kilos---ganon lang rin ang kilos sa salita! Sabay dapat! Nagdadahilan ka pa!"

"Pinagsabay ko na nga di ba?! Umuungot ka pa ren! Tss!" singhal nya at natawa naman ako. **"Kalalaki mong tao, andami dami mo'ng sinasabi.. Tss.. At ako pa ang hindi babae sa paningin mo nyan ah?? Lalaki ba'ng matatawag yang ganyan?? Mas emotional ka pa sakin.."**

"Hahahaha.. Hambog ka ah! Sayo lang naman ako ganito! Tch.." singhal ko naman at saka ako sumeryoso at saka umayos ng tayo..

Bumuntong-hininga ako at saka lumingon sa likuran ko at naupo sa malaking kawaya'ng sofa doon.

~PLAK! PLAK!~

"Dito ka.." sabi ko pa na pinalo ang hita ko.

"D-Dyan?!" gulat na tanong nya pa at tumango naman ako! **"A-Ayoko nga!"**

"Tch! Wag ka ng maarte! Ngayon ka pa nahiya sakin e ninakawan mo nga ako ng halik kanina!" mapanukso ang tingi'ng sumbat ko pa!

"N-Ninakawan---ha! Hanep ka ah! Kusa mong ibinigay!" bakas ang hiya'ng sigaw nya!

Ngumisi ako sa kanya at saka bahagyang bumungisngis.

"Dali na! Dito ka sabi!" sigaw ko at saka hinila sya!

Iniupo ko sya sa hita ko at kitang kita naman sa mukha nya ang pagkapahiya..

"Ang bigat mo!" sumbat ko pa at tumayo sya bigla!

"S-Siraulo ka ah!" namumula'ng sabi nya pa!

"Hahahaha! Namumula ka, Taguro.." natatawang sabi ko pa!

"Tss.. mapula talaga pisngi ko.."

"Ang kapal hahaha! Namumula ka kasi kinikilig ka sakin.."

"Ye.. Ye.." sabi nya pa na kunwaring sumasang-ayon at saka hinila yung single na upuan at naupo sa harap ko.

"Dito ka sabi e!" sabi ko na akmang hihilahin sya ulit!

"Waaaag----mo ko'ng hahawakan.. Nananakit ako.. Hehehe.."

"Tch.." singhal ko na naman at saka sya muling tinitigan. **"Akina yung kamay mo.."**

"Bakit na naman!?"

"Hahawakan ko! A-Ano ba't puro ka reklamo!"

"E naknampucha magkukwento ka lang andami dami mo pang kailangan! Hindi ka na lang basta magkwento!"

"Akina lang kasi! Andami dami mo ring sinasabi e!" sabi ko pa at saka hinila ang kanang kamay nya! **"Ang tigas naman ng kamay mo! Ikaw ba pinakamasipag sa buong mundo ha, Taguro?!"**

"A-Anak ng..!!!" hinila nya bigla yung kamay nya at nagitla naman ako! **"Kung pinapunta mo ko dito para laitin---uuwi na lang ako!"**

"Heheheheheehe! B-Biro lang mahal ko.." panunuyo ko kunwari at sininghalan nya naman ako ng tingin. **"Dito ka na sakin.."** pagpipilit ko.

"Hindi na!" tanggi na naman nya.

"Please??" nagpapacute pa'ng pakiusap ko.

"Hindi na nga.. nababawasan ang angas ko dyan e.."

"Tch! Kailangan ba laging maangas ka?!"

"Naman.. Dahilan rin yun kung bakit mo ko nagustohan e hehehe.." natatawang sagot nya kaya naman nginusuan ko lang sya.

"Patay na patay ka sakin, no??" pang-aasar ko pang tanong sa kanya at nanlaki naman ang mga mata at butas ng ilong nya!

"Kapal.."

Heheheheheehe! Pikon 'to, hahahaha! E ako nga 'tong patay na patay sayo, bwahahaaha!!!!

Maya maya pa..

"P-Pwede ako magtanong, Babe?"

"Mmm.. wag lang personal.."

"T-Tsk! Personal nga yung itatanong ko e.." nakangusong sagot ko at tumitig naman sya sakin, masyadong seryoso ang mukha nya kaya naman mas nilisikan ko pa ang tingin ko sa kanya.

"Geh.."

"Pwede nakong magtanong??" nakangising tanong ko pa at nakangiting tumango naman sya. **"Hmmmm.."** akmang nag-isip pa ako habang nakatingala sa kisame at saka muling tumingin sa kanya at dahan dahang sumeryoso..

Nung makita ko sa reaksyon ng mukha nya ang pag-aalala sa naging reaksyon ko at saka ako muling ngumiti ng bahagya.

"Galit ka pa rin ba kay Dein?" biglang tanong ko at napailing agad sya munit sa iba nakatuon ang paningin nya. Suminghap sya ng hangin at saka sya tumingin sakin.

"Nung.." paunang salita nya at saka muling bumuntong-hininga. **"..gabing pinakilala sya sakin ni Randall na girlfriend nya.."** ngumiti sya sakin. **"Hindi ako nakaramdam ng galit sa kanya.."** sinserong dagdag nya kaya naman ramdam ko ang pagkunot ng noo ko sa pagtataka.

"B-Bakit??"

"Ewan ko.. hindi ko naramdaman e.."

"Pero.. n-nagalit ka sa kanya??"

"Syempre naman.. Pero hindi dahil pinagpalit ako sa kanya.."

"E s-saan lang?"

"Dahil sa mga ginawa nya after that.." sagot nya at natigilan naman ako. **"Hindi ko kasi sya maintindihan e.. parang sya pa yung galit sakin.. Tss.. Parang may ginawa naman ako sa kanya.."**

Naiintindihan ko sya..

Kahit ako ay nagtataka dahil sa iniaasta ni Noona..

"E-Eh si Randall??" tanong ko.

"Ano na naman sya?"

"H-Hindi ka na galit sa kanya??"

"Hindi na.."

"Pero nagalit ka??"

"Malamang, hahahahahaha! Ikaw ang iwan ko ng basta---ewan ko lang kung magpa-party ka pa.." sarkastikong sagot nya at nginiwian ko naman sya.

"Tinatanong lang e.. G-Gusto ko lang malaman kung bitter ka pa! Hahahahahahahaha!"

"Ang sagwang pakinggan ng salitang bitter kapag sayo galing.. Tsk tsk tsk!" iiling-iling na sabi nya pa. **"Bading.."**

Bading..

Tinignan ko sya ng masama at saka ako tumayo hinawakan sya sa dalawang balikat!

Kitang kita naman ang gulat sa mga mata nya!

"A-Ano na n-naman?!" utal na tanong nya!

"Sabi ng wag mo kong tatawaging bading!" sigaw ko sa kanya! **"Talagang gusto mong halikan kita e.."** nakangising biro ko pa habang dahan dahang inilalapit ang mukha ko sa kanya. **"Sinasadya mo kong tawaging bading para ako naman ang humalik sayo.."**

"Lumayo ka sakin.." matigas ang boses na usal nya habang nilalabanan ang tingin ko.

Ayun na naman yung maangas na dating nya..

Pero hindi ako nagpatinag..

Mas inilapit ko pa ang mukha ko sa kanya..

"Kahit ilang beses mo ko'ng tawaging bading.. ako pa rin ang lalaki dito.. Mas malakas at may angas pa rin ako sayo.." halos isang daliri na lang layo ng mukha ko sa mukha nya. Hindi nya inilayo ang mukha nya sakin at nananatiling nasa mata namin pareho ang paningin ng isa't-isa. **"Ta.. Gu.. Ro.."** mariing usal ko habang tumatama ang labi ko sa labi nya.

Dahan dahan kong inilayo ang mukha ko at hinalikan ang noo nya..

Napapikit pa ako nung gawin ko yun sa kanya..

Nunang ibaba ko ang paningin ko at kamumulat rin lang ng mga mata nya kaya naman napangiti pa ako saka ako muling tumitig sa mga mata nya..

"I love you.." mahinang usal ko at lumabas naman ang matatamis na ngiti nya..

Tumayo ako at pumasok sa loob..

At saka ko binuksan ang music player..

Now Playing: All I have to Give by Backstreet Boys.

Dahan dahan akong lumapit kay Taguro at kitang kita ko ang magkahalong gulat at pagtataka sa mukha nya.

Inialok ko ang kamay ko sa kanya kaya naman natuon doon ang paningin nya..

"I want you to be my first dance.." nakangiting bulong ko at natatawang ipinatong naman nya ang kamay kaya hinila ko sya patayo. **"..before my birthday.."** natatawang dagdag ko.

Pero ramdam ko ang gulat nya nung matapos kong paghawakin ang parehong kamay naming dalawa ay inikot ko sya patalikod dahilan para yakapin ko sya sa likod at saka magsimulang isayaw..

♫ ♪ ♫ ♪ ***'I don't know what he does to make you cry.. But I'll be there to make you smile.. I don't have a fancy car.. To get to you I'd walk a thousand miles.. I don't care if he buys you nice things.. Does his gifts come from the heart, I don't know.. But if you were my girl.. I'd make it so we'd never be apart..'*** ♪ ♫ ♪ ♫

"You're amazing.." mahinang bulong ko pa sa kanya. **"You're making me fall in love with you more and more.."**

♫ ♪ ♫ ♪ ***'But my love is all I have to give.. Without you I don't think I can live.. I wish I could give the world to you, but.. Love is all I have to***

give.. When you talk-does it seem like he's not.. Even listening to a word you say? That's okay babe, just tell me your problems.. I'll try my best to kiss them all away.. Does he leave when you need him the most? Does his friends get all your time? Baby please, I'm on my knees.. Praying for the day that you'll be mine.. To you, hey girl, I don't want you to cry no more-inside.. All the money in the world could never add up to all the love.. I have inside, I Love You.. And I will give it to you.. All I can give, all I can give.. Everything I have is for you.. But love is all I have to give..' ♪ ♫ ♪ ♫

Kasabay nung pagtatapos ng kanta ay tumigil rin ang ulan..

Namamanghang napatingin kami sa isa't isa at saka sabay na ngumiti.. Nananatili akong nakayakap sa likod nya habang pareho kaming nakatingin sa labas ng veranda..

"I love you.." mahinang usal ko pa.

"I love you.." sagot nya kaya naman mas hinigpitan ko pa ang pagyakap ko sa kanya.

"Sana wag ng matapos 'tong araw na 'to.. gusto ko nandito ka lang lagi sa tabi ko.." dagdag ko at ramdam ko naman sa pisngi ko ang pagngiti nya. **"Gusto ko parati kitang nakikita.. nakakasama.. nakakausap.. nararamdaman.. Tsk.. Bakit ba kasi ngayon ka lang??!!"** inis kunwaring tanong ko sa kanya.

"A-Ano??"

"Bakit hindi ka agad dumating sa buhay ko??!!"

"Tss.. e busy ako sa buhay ng ibang tao.. Hahahaha----"

"Tch! Randall na naman!"

"Hahahahaha.. yun naman talaga ang totoo.. Bakit nagagalit ka?" natatawang tanong nya.

"Tigilan mo na nga yang pagpapantasya mo kay Randall dahil hindi ka na nun mahal!"

"Kwits lang.. hahahaha.."

"Ako na ang mahal mo??" mas humigpit ang yakap na tanong ko at tumango naman sya. **"Wag mo kong sasaktan ahh??"** nakangiti munit seryosong tanong ko at natawa naman sya.

"Napakamakasarili mo! Hahahahahaha!"

"Oh?? Bakit?? Hahahaha!" natatawang tanong ko nung biglang umalis sya sa pagkakayakap ko at natatawang humarap sakin!

"Wag kitang sasaktan?? Parang parati naman kitang sinasaktan!?"

"Oo! Totoo naman ah! Hehehehehehe!" natatawang sumbat ko at ngumiwi naman sya na parang hindi makapaniwala.. Tinignan ko sya ng seryoso at may pilit na ngiti sa mukha kaya naman nung mapansin nya yun ay nawala rin ang mga ngiti sa mukha nya.

"L-Lagi talaga kitang n-nasasaktan??" biglang seryosong tanong nya at tumango naman ako at pilit na namang ngumiti.

"K-Kahit yata hindi mo s-sinasadya.. h-hindi ko pa rin maiwasang masaktan.." napapakagat-labing sagot ko at saka ako bumuntong-hininga.

Napayuko sya at saka bumuntong-hininga rin at saka lumapit sakin at saka kusang yumakap..

"I'm sorry.." mahinang usal nya at napangiti naman ako.

"I forgive you.." bulong na sagot ko at saka ko hinalikan ang buhok nya at yumakap rin sa kanya.

Ilang segundo pa kami sa ganoong posisyon at saka sya tumingala sa akin at tinitigan ko naman sya habang nakangiti pa rin..

"Mmm.. tumila na yung ulan, uuwi na ko.." nakangiting usal nya at napanguso naman ako.

"Ang a-aga aga pa, Babe e.." malungkot na sabi ko.

"Inaantok ako e.."

"A-Ang aga mo na ngang natulog kagabi---inaantok ka pa rin?? Ang haba na nga ng itinulog mo.."

"G-Ganon talaga ako.. Kapag may free time ako, inuubos ko sa tulog at pahinga---"

"Edi dito ka matulog.." nakangusong bulong ko at saka ngumisi sa kanya.

"Hindi na.."

"Bakit?? Humihilik ka no??"

"Mmm.."

Nanlaki ang mga mata ko!

"H-Humihilik ka?!" gulat na tanong ko at natatawang tumango naman sya.

"Sabi ni Naih.. Hahaha.. Hindi ko naman naririnig ang sarili ko dahil tulog ako.."

"B-Bakit ka humihilik?!"

"Tss.. tulog nga ako! Malay ko.."

"Dito ka na matulog, Babe.. babantayan kita.."

"Hindi na.."

"Sige na.."

"Wag kang makulet.." nakikiusap ang tono ng boses nya kaya naman ngumuso na lang at hindi na nagpumilit. **"Magkikita naman tayo bukas e.."** nakangiting sabi nya pa.

"Tsk.. Bakit kasi napaka-antukin mo?! Huhuhuhuhu.. Akala ko pa naman magdamag na kitang makakasama.."

Hindi na sya sumagot kaya naman hindi na ako nagpumilit pa..

Kinuha nya ang lahat ng gamit nya at saka inilagay lahat yun sa bag nya..

Nung maiayos nya na ang mga gamit at sarili nya ay magkahawak-kamay kaming bumaba.. Agad naman kaming nakita ni Manang..

"Oh.. uuwi ka na, iha??" si Manang.

"Oho.. tumila na yung ulan e.."

"Ganoon ba.. O sige, ihatid mo na sya, Deib.."

"Nako.. hindi na ho.."

Gulat akong napatingin kay Taguro!

"Anong hindi?? Ihahatid kita!"

"Baka umulan ulit e.."

"Kesa naman maulanan ka kapag pinauwi kita mag-isa.. Ihahatid kita.."

"S-Sige.."

"Nako, iha.. Sige na, magpahatid ka na.. Mag-iingat ka nalang sa pagmamaneho, iho.."

"Opo, Manang.." sagot ko.

"Mauna na ho ko.."

"Sige, ingat ha??"

"Salamat ho ulit.."

Matapos nya'ng magpaalam ay sumakay na kami sa kotse ko, at don ko sya muling kinulit..

"Uuwi ka na ba talaga, Babe??" tanong ko.

"Nandito na nga tayo di ba?? Hahahaha.. Oo, uuwi na ako.."

"Pwede ka naman kasing matulog dito e.."

'Oo nga, pero mas gusto kong sa bahay matulog.."

"Bakit?? Dahil naiilang ka sakin?"

"Hindi.. Hahahaha.. Hindi lang talaga ako makakatulog sa kama mo.."

"Tsk! Ang lambot lambot ng kama ko---hindi ka makakatulog!?"

"Hahahaha.. wala naman sa lambot yun.. Sige na, baka umulan na naman.." yaya nya pa.

Ayaw nya akong kasama huhuhu..

Tahimik kong minaneho ang daan papunta sa kanila..

At ilang minuto lang rin ay nandoon na kami..

Inalalayak ko sya pababa ng kotse at ako na ang nagdala ng gamit nya..

"Sakin muna 'tong shirt mo ah??" nakangiting tanong nya.

"Sayo na.." nakangiti ring sagot ko. **"Yan ang isuot mo gabi gabi.. para maaalala mo ko.."**

"O sige na, umuwi ka na.. Baka umulan na naman, maabutan ka pa.."

"Bukas, susunduin kita ah??"

"Oo sige.."

"Hehehehe.. Baka kasi magmotor-motor ka, may bagyo pa naman.."

"Mmm.. isabay na rin natin si Naih kung okay lang.."

"Oo naman.."

"Sige na.."

Pinapauwi nya na talaga ako..

"Kiss ko muna.." hindi ko ipinaramdam yung lungkot na nararamdaman ko sa kanya. **"Gusto ko.. yung katulad kanina sa ilalim ng umbrella.."** mapanuksong biro ko pa.

"Tss.." singhal nya at saka lumapit. **"Tsup!"** kiniss nya ako sa pisngi, malapit lang sa bibig! **"Tama na yan hehehe.. Sige na, papasok na ako, magdahan dahan ka sa pagmamaneho mo.."**

"Babe.." pigil ko na naman sa kanya. **"Hindi ako makakatulog sa ganon lang.."**

"A-Ano?!"

"Mm!" sabi ko na inginuso ang labi ko! **"Kiss! Mm!"**

"Tsk tsk.."

"Kiss----!!!"

"A-Araaay!!!" sigaw ko pa nung biglang kurutin nya lang ang pisngi ko!

Bumaba sya ng kotse at saka ngumiti sakin!

"Once a week lang yun, tsk tsk! Sige na, papasok nako.. Ingat ka!" sigaw nya sabay kindat pa at saka sya pumasok sa loob ng bahay nila..

Nanlulumong minaneho ko ang kotse ko pabalik ng bahay..

OceanofPDF.com

CHAPTER 139

MAX'S POV

"Oh? Ang aga mo naman ata'ng umuwi??" salubong sakin ni Yaz.

"Suspended ang klase.." nanlalata'ng sagot ko.

"Dahil sa bagyo??" tanong nya pa.

"Mmm.." tipid na sagot ko at saka sumalampak sa sofa at nagsindi ng sigarilyo.

"Bakit ganyan ang itsura mo?? San ka ba galing??"

"Kanina pa suspended ang klase, sinundo ako ni Deib kaninang umaga kaya naman dumeretso muna kami sa kanila bago nya ako ihatid ulit dito.."

"E bakit naman umuwi ka na agad? Nasan si Zarnaih??"

"Wala pa ba??" takang tanong ko at umiling sya.

"Sinundo sya ni Lee kanina e.."

"I see.. Baka magkasama pa sila, magkasama sila nung maghiwalay kami kanina."

"Sarap buhay ah!" pang-aasar nya pa. **"Oh.. bakit nga umuwi ka agad? E nandon ka pala sa bahay nila Deib!?"**

"Hindi ako kumportable don.."

"Huh?! Bakit naman?"

"Tss.. umalis ang parents nya at dadalawa kaming natira sa bahay nila.. Maliban kay Manang na busy naman sa gawaing-bahay.."

"Oh e ano naman!?"

"Hindi nga ako kumportable.."

"You're not comfortable or you really just wanna smoke!?" sarkastikong tanong nya! **"Alam ba ng mga jowa nyong may mga bisyo kayo!?"**

"Mmm.."

"Yuck! At okay lang sa kanila?!"

"Mmm.."

"Yuck!! Are they smokers, too?!"

"No.."

"Then you better stop smoking.."

"And you better shut up.." biro ko sa kanya.

"Psh.. Kumain ka na??"

"Mmm.. pinakain nya na ako.."

"Tsk tsk.. You see?? Mahal na mahal ka ng boyfriend mo.." sabi nya.

"Pinakain lang---mahal na mahal na?? Tss.. kapag ginutom nya pala ako---hindi nya ako mahal!?" sarkastikong tanong ko.

"Exactly.. Hahahahaha! Joke! Sabagay.. mahal mo rin naman sya.."

"Birthday nya sa Sabado, sama ka.."

"Oh sure! Am I invited?!"

"Matik na yun.."

"How nice.. Hahahaha! Anong gift mo sa kanya??"

At nagsimula na naman tuloy akong mapaisip.

"H-Hindi ko nga alam e.." napapahiyang sagot ko.

"What?! Hindi mo alam?!"

"H-Hindi ko kasi alam kung a-anong gusto nya.." nakangusong sagot ko.

"Hello?! Ano ka ba?! Hindi naman kailangang yung laging gusto ng tao ang ibibigay mong gift, dork!"

Hindi ako sumagot at nakinig lang ako sa kanya.

"Since, bago pa lang ang relationship nyo.. I'm sure, kahit na poster ng hubad na artista ang ibigay mo dyan tatalon yan sa tuwa! Baka nga itago nya pa o gawing design sa kwarto nya! Seesh! But of course, you have to be thoughtful, creative, resourceful, sweet, loving.. you know that?? Dapat mag-isip ka ng bagay na sa simple pero magiging malakas ang impact sa kanya!" tatangu-tangong sabi nya at nakinig naman ako! **"Yung makakapagpataob sa luxurious gifts na matatanggap nya from others! Oha! Heheheheheheheh!"**

"Oh e ano nga yun??" tanong ko!

"A-Ano ka ba naman, Maxpein! Have you ever attended a birthday party?!"

"O-Oo naman.."

"Have you tried giving gifts?!"

"O-Oo.."

"Oh e bakit ganyan ka?!"

"Tss.. Anong magagawa ko..??" nakangusong tanong ko. **"Nauubusan ako ng ideas pagdating sa kanya.. Tsk! Ilang araw na rin akong nag-**

iisip pero.. wala talaga akong maisip na pwedeng ibigay sa kanya.. Nasa kanya na lahat.. Any ideas?" tanong ko.

"Mmm.." nakangiting sagot nya.

"A-Ano yun??"

"Give him your time.."

"T-Time??" takang tanong ko.

"Oo.. Time! Oras!"

Hindi agad ako nakasagot sa kanya at napatitig lang ako..

"H-Hindi ko maintindihan.." napapahiyang sagot ko.

"Spend time with him! Ano ka ba! Time na nga lang hindi mo pa maintindihan?!"

Hindi na naman ako nakasagot!

"At least, before and after his birthday, stay with him! My God.."

"T-Tss! Bahala na nga! Masyado mo'ng ginugulo ang isip ko! Tsk! Hindi na bale'ng walang regalo---basta umattend ako! Tapos! Wala ng mas sasaya pa don! Hehehehehe.." sabi ko at saka tumayo at iniwan sya.

Pagdating ko sa kwarto ko ay agad kong inihiga ang katawan ko..

Ang bigat bigat ng pakiramdam ko..

Pakiramdam ko.. lalagnatin ako..

Kapag sinusubukan kong lumunok ay nananakit ang lalamunan ko..

Ang buong katawan ko ay sobrang sakit!

Trangkaso siguro..

Kinuha ko ang cellphone ko at saka ko tinext si Sensui.

Compose Message

To: ~Sensui~

Babe, matutulog muna ako.

Pahinga ka rin dyan ah??

Miss na agad kita.

Message Sent!

Pero maya maya lang..

~BEEP!~

Kinuha ko ang cellphone ko at binasa yun..

One Message Received

~Sensui~

Gusto kitang makasama

ng matagal, pero ayaw

mo naman.. d=(((((
Ang sweet sweet mo
talaga!! d=(((((
Yung puso ko, durog durog
na naman, Taguro!
3:18pm
Ang OA talaga kahit kelan..
Compose Message
To: ~Sensui~
Wag kang mag-alala dahil babawi
naman ako sayo, at sigurado yan!
Ikaw pa?? Hehehehe! Wag ka ng
magtampo.. Saranghe! d^_^b
Message Sent!
One Message Received
~Sensui~
Mukha mo Saranghe!
Hmp!
3:19pm
Loko 'to ah..
Compose Message
To: ~Sensui~
Galit ka na naman??
Para ka talagang babae..
Hehehehehe!!!
Message Sent!
One Message Received
~Sensui~
Matulog ka na dyan! Sana
paggising mo mamiss mo
ko at maisipan mo kong
puntahan at sasabihin mo
sakin na gusto mo ko
makita at ayaw mong
humiwalay sakin! Hahahaha!
3:20pm
Parang tanga.. Hahaha!

Compose Message
To: ~Sensui~
O sige na ha??
Matutulog na muna
ako.. Pahinga ka rin
dyan..
Message Sent!
One Message Received
~Sensui~
I love you, Babe!!!! d=))
3:21pm

Napangiti pa ako sa screen ng cellphone ko bago ko muling ilapag yun..

Mawawala naman siguro sa pahinga 'to..

NAIH'S POV

Hapon na andito pa rin ako kila Lee, busy kami kakalaro ng computer games!

Hahahaha! Enjoy na enjoy ako syempre!

Dahil sa andami ng pagkain..

Ang sarap sarap nya pang kasama!

He's so sweet!

"Tara, merienda tayo.." biglang yaya nya kaya naman nilingon ko sya mula sa pagkakadapa ko sa napakalaki at napakalambot na kama nya.

"Sige ba.." tuwang tuwang sagot ko pa.

Sabay kaming bumaba at nandoon na naman yung yaya nya.

"Sir, eto na po yung merienda nyo ni Mam Zarnaih.." sabi nung yaya nya.

"Yes, thank you.. Magmerienda na rin kayo.." utos pa ni Lee at saka inalalayan ako paupo.

"Grabe.. talagang puro maid nyo lang ang kasama mo??" tanong ko pa at pilit ang mga ngiti'ng tumango naman sya. **"H-Hindi ka nabobored??"**

"Tsh.. of course, nabobored ako.. Madalas nga ay bored ako.. Its just that, hindi na namin magawa nila Deib yung usual hangouts na ginagawa namin noon, kailangan naming magfocus, syempre kasi graduating na kami.."

"Sabagay.."

"Lalo pa ngayon, lahat kami, *'taken'* na.." nakangising dagdag nya kaya KINILIG na naman ako!

Eeekk!!

Ano ba, Naih, stop!!! Heheheh!

"Ano nga palang gusto mong kunin sa College??" biglang tanong ko at saka nagsimulang kumain nung cake.

"Business Management.."

"Wow.." manghang sagot ko.

"Ikaw??"

"Ako?? Marami akong gusto e hahaha! Gusto kong maging Architect, minsan naman Engineer.. But since, hilig ko ang pagluluto.. Culinary ang gusto kong course.. May one year pa naman ako sa high school, so mahaba haba pa ang panahon ko para makapagdesisyon kung ano na ba talaga.."

"Edi magaling ka palang magluto??"

"H-Hindi naman masyado hehehehe.."

"Cook something for me.."

"H-Ha?? N-Nako! Nakakahiya naman hahahahahaha! Baka sumablay ang lasa---iwan mo ko! Hahahahahaha!"

"Of course not.." nakangusong sagot nya.

Eeeekkk! Hehehheh! Ang ganda ganda ko!

"Gusto kong matikman ang luto ng isang Zarnaih Marchessa.." nakangiting dagdag nya pa. **"Hahayaan mo bang hindi ko man lang matikman ang luto mo??"**

"E-Ehhhh.. hehehehehehe! A-Ano bang gusto mo??"

"Mmm.. I don't really eat a lot.. Saming tatlo, si Tob ang pinakamatakaw, pero hindi naman tumataba.. Si Deib naman, mahinang kumain pero mabilis tumaba.. Ako naman.. Hmmmm.. Sakto lang.. Pero kung ikaw ang magluluto.. Lahat kakainin ko.."

"Wushoooo!!! Hahahahaha! Talaga?!?"

"Oo naman!"

"Kahit aso!?"

"Kyahahaha!!!" tumawa ako ng malakas! **"Joke lang! Ikaw naman! Hehehehehe! Sige sige.. lulutuan kita.. Basta, w-wag mong lalaitin ah!?"**

"Tsh! Why would I do that?"

"Engkasi.. syempre, h-hindi pa naman ako propesyonal na taga-luto! Pero bihasa'ng bihasa naman ako sa pagpriprito't paggagayat ng kamatis at sibuyas! Ha! Hindi mo kasi naitatanong---pinaglihi sa kamatis si Maxpein!"

"E-Eh!?"

"Oo!!!" natatawang sagot ko at nakitawa naman sya!

"Hahahahahahahaha! Loko! Isusumbong kita.."

"Pero.. a-ano ngang gusto mo?? W-Wala ka bang paboritong ulam??"

"Mmm.. How about Caldereta??" nakangiting tanong nya at natigilan naman ako!

"A-Ang hirap naman nun!?" nakangusong sagot ko!

"Pero yun ang gusto ko.." nakanguso ring sagot nya at saka ngumiti!

Jusko po Lord.. Bakit sya ngumingiti ng ganyan sa harap ko?? Huhuhu.. Parang pati yung tinidor, makakagat ko!

"A-Ahh h-hahahahaha! Caldereta l-lang pala.. S-Sige hehehehe.."

"Are you sure?!"

"O-Of course! Hahhaha! H-Hindi naman ngayon di ba??"

"Mmm, kahit kailan.. kahit pagkagraduate ko na.."

"S-Super duper tagal naman nun?! Hahahaha.. H-Hindi naman.. pag-aaralan ko lang muna tapos, lulutuan kita.. Promise!"

"Pag-aralan mo na lahat ng luto, then.."

"Hala.. Umabuso!? Hindi ko pa naluluto ang Caldereta---nilalahat mo na ako?!" gulat na tanong ko.

"Hahahha! Hindi naman sa ganon.. Pero mas maigi ng matutunan mo lahat ng luto.. para kapag nagkatuluyan na tayo, lahat ng lutuin mo, paborito ko.."

"G-Ganon?!" gulat na tanong ko.

"Hahahahahahaha!"

"Ganon!?"

"You're always making me laugh!"

"Ganon?!"

"Hahahaha! Stop it, Zarnaih.. Hahaha!"

"Stop me.." nakangiwing bulong ko.

Maya maya pa..

"Kumusta na kaya sila Max don??" tanong ko pa habang ngumunguya.

"I don't know.." kibit-balikat nya at saka ngumiti. "**Paniguradong lunod na lunod na si Deib sa mga puso nya.."**

"Mga puso??" takang tanong ko.

"Hahahahaha.. sinabi nya sakin nung nakaraan na sinusundan sya ng mga puso.. He's crazy.."

"Hahahahaha.. King inang yan! Baliw nga! Hahaaha!"

"Nah.. He's just in love.."

"Tsk tsk.. Grabe ah!? Ganon sya mainlove?! As in s-sinusundan daw sya ng mga puso??"

"Hahahahah! That's what he told me.."

"Jusko hahha! Nakakaloka ang Deib! Parang bata.."

"Exactly.. hahaha! He's childish.."

"Pero infairness---cute! Hahahaha! Ano kayang reaction ni Maxpein?! Bwahaha! Hindi ko maimagine my gosh! Stop me!"

"Hahaha! Ayaw ba ni Max ng ganon??"

"Mmm.. I'm not sure, hindi kasi showy si Max.. Hindi sya tulad nung ibang kakilala kong in a relationship hahahaha! Parang hindi sya kinikilig.. Pero paniguradong natutuwa rin yun kay Sensui hahaha! Kahit naman sino---matutuwa kug ganon kacute hahaha! Parang tuwang tuwa sya lagi kapag nakikita nya si Max! Hahaha! Parang naggoglow yung mga mata nya hahahaha! Mukhang in love na nga rin ang Maxpein ko e.. Woooohhh! Sa wakas!"

"You think so?"

"Mmm! Oo naman! Kasi.. nung time na pumunta sya kay Randall at hinintay natin sya sa parking lot.. Pagkauwi nya nun.. grabe, nasa gate pa lang sya ramdam na ramdam ko na yung malungkot na aura! Yun si Maxpein e! Tatahi-tahimik pero nako.. yung tahimik nyang yun mismo ang magpaparamdam sayo kung anong nararamdaman nya!" at saka ako kumalma. **"Kitang kita at ramdam na ramdam kong.. nalungkot sya.. Nalungkot daw kasi si Deib.."**

"Talaga??"

"Mmm.."

"Mukhang maganda yan.." nakangiting sagot nya na tumatango tango pa kaya naman nginiwian ko sya at saka ako mabilis na sumubo ng sunod sunod!

~NGASB!~

"Mukhang fan ka ng TagSen ah?!" taas-kilay na tanong ko.

"Huh??" takang tanong naman nya.

"Naaaayy.. Fan ng Taguro-Sensui Love Team 'to e..." pang-aasar ko sa kanya at saka sya tumawa!

"Hahaaha! Dahil kung hindi ako magiging fan ng TagSen.. magiging Fan ako ng TobNaih.."

T-TobNa----WTF???

"A-Anong sabi mo?!" inis na tanong ko sa kanya na isinunggab pa ang tinidor ko sa pisngi nya!

"Hahahaha! Wala kang pinagkaiba kay Tob! Tsh!"

"E-Excuse me! Masyadong maingay ang kaibigan nyong yun!"

"Parang ikaw nga.. Hahahaha!"

"B-Bawiin mo yung s-sinabi mo!!"

"No.."

"B-Bawiin mo sabe e!"

"Hahahaha! TobNaih.. Bagay na bagay!"

"E-Excuuuse me noh! Hinde!"

"Oo nga.."

"Hiiiii-------ndi nga!!!!"

"Oo nga.. Hahahahaha! Just kidding.." biglang bawi nya at saka tumingin sa plate ko. **"W-What are you doing??"** takang tanong nya dahil sinisimot ko ang cake ko!

"Wala kang pakelam.. Hmp!" galit galitang sagot ko.

"H-Hey.. I was just kidding.."

"Kidding?! Ang ibenta ako kay Tob?! Kidding?! E kung ikaw ang biruin ko kay Michiko! Magsama kayo dahil pareho kayo bano!"

"B-Bano?!"

"Bano!"

"W-What's that?!"

"Abnormal!" sigaw ko sa kanya!

"S-Sweetheart naman e.. Nagbibiro lang ako.." nakangusong sabi nya pa pero mas sinimot ko pa ang cake ko! **"H-Here.. get some more---"**

"Hinde!"

"Sweetheart---"

"Hindi sabi e!"

"A-Ano ba..??" nakangusong tanong nya.

"Sisimutin ko lang 'to!"

"Kuha ka pa ng bago.."

"Kaya nga sinisimot di ba??? Para kumuha ng bago! Tse!" sigaw ko pa at natigilan sya.

"H-Hahaaha!" at saka tumawa.

Anong nakakatawa don!?

Bano talaga!

"May regalo ka na kay Deib??" maya maya pa ay tanong ko.

"Mmm.." nakangiting sagot nya.

"T-Talaga?!"

"Mmm.."

"A-Anong regalo mo sa kanya?!"

"A watch...??" patanong pang sagot nya.

"W-Watch???"

Paniguradong mamahalin yun!

"Mmm.. Mahilig rin kasi sa relos si Deib.." dagdag ni Lee.

"G-Ganon ba??"

"Why??"

"Tsk.. Hindi ko pa kasi alam kung anong ireregalo ko sa kanya e.."

"Mmm, hindi naman mahilig sa regalo si Deib.. Parati akong present sa birthday nya, may mga kakilala akong umaattend na walang birthday gifts sa kanya, okay lang naman sa kanya.. Kung wala ka talagang maisip e.. edi wala.. Presence mo lang, okay na sa kanya.."

"Talaga?? Nice naman.. Sa isip-bata nyang yun? Hindi pa sya nahilig sa regalo??"

"Hahahaha.. Kay Maxpein lang naman naging isip-bata yun.."

"Talaga lang ah.." nakangiwing sagot ko pa.

"And besides, hahahahaha! For sure, umaapaw na sa tuwa yun dahil sila na ni Maxpein.."

"Pero.. iba pa rin yung may regalo e hehehehe! Regaluhan ko kaya sya ng Parrot!?"

"Hahahaaha! Bakit Parrot??"

"E lintek sya---sya naman ang nambansag saking Parrot e! Edi reregaluhan ko sya ng Parrot! Tapos sasabihin kong ilagay nya sa kwarto nya bwahahaha!!!"

"Hahahaha! That's a good idea! Hahahaha.."

Anong good idea dun?

Mabilis na lumipas ang oras..

After nung cake ay naglaro pa kami at saka nagcoffee after maglaro..

Kaya naman madilim na nung magdesisyon akong umuwi na..

"Susunduin ulit kita bukas ha??" nakangiting tanong nya pa nung nandon na kami sa harap ng bahay.

"Oo na, baka umuulan rin e, ayaw kong maulanan.." nakangiting sagot ko**. "Sige na, papasok na ako.. Salamat ulit ha??"**

"Mmm, anytime.. I think, we should do this often.. I really don't like going out that much, medyo busy ang maging Senior.."

"Naks, sige ba! Mas gusto ko rin namang nasa bahay lang at nagbabasa, tapos gagala kapag wala ng kailangang aralin hehehehehe! Sige, gawin natin lagi yan, basta maraming pagkain hahaha!"

"Oo ba.."

"Sooo... pano?? P-Pasok nako??"

Please.. Stop me!!

"Mmm.. aalis ako pagkapasok mo.."

"A-Ahh hehehehehe.. S-Sige.."

Kuripot! Hindi man lang magkiss at I love you! Akala ko ba---hindi ako ang first girlfriend nya! Psh!

"Zarnaih---"

"Yes, Lee?!" biglang baling ko ulit sa kanya nung bigla nya akong tawagin!

"Yung seatbelt mo.. nakakabit pa.."

Literal na bumagsak ang mga balikat ko at saka ako pilit na ngumiti sa kanya!

"A-Ahh hehehhehe.. A-Akala ko automatic na natatanggal 'to h-hehehehe.."

"Hahahaha.. You're funny.."

Leche!

Mabilis akong lumabas at saka pilit ang ngiting kumaway sa kanya at tumalikod.

'Wala man lang akong maipagmamalaking kiss ngayon! Huhuhu! Leche!!!!'

"Zarnaih!"

"Huuuppp------!!!!"

Napasinghap ako ng hangin nung paglingon ko ay bigla hila nya sakin at saka nagdampi ang aming mga labi!

BLACK BIRDS CHIRPING ON MY EARS

"I love you.." mahinang usal nya pa!

Eeeeeekk!!!

"I love you, too.."

"I'm going.."

"S-Sige.." nakalutang na sagot ko pa!

At saka ko sya pinanood na makaalis!!!!

Kaya naman pagpasok ko sa loob akala mo ko pinalilibutan ng mga niebe at nilalamig ako sa sobrang kilig!

"Aba! Aba! Aba! Ginagabi ka ah!?" si Ate..

Hindi ko sya pinansin at dumeretso nalang ako sa sofa..

"Nandyan na si Max??" tanong ko pa.

"Tulog na, kanina pa.."

"Ang aga naman!? Alas dies lang oh!?"

"Alas dies lang??? Lang?!!!

"Uwi ba ng isang matinong estudyante ang alas dies?!" nakapamewang pang dagdag nya!

"O-Oo naman! Pano kung may project!?" mayabang na tanong ko pa na siniringan sya!

"Pano kung suspended ang klase?!"

"Suuuus! Lulusot ka pa?!" nakapamewang na tanong nya! **"Kumain ka na ba?!"**

"O-Oo.."

"Dapat lang! Inabot ka ng alas dies---kung gutom ka pa, aba ewan ko na lang!"

"A-Ano bang iniuungot mo dyan!? Ha?! May problema ka ba sakin!?"

"Umakyat ka na don!"

"Psh.." singhal ko at saka umakyat!

"Oh etong yosi kadiri nyo---kunin nyo na dito---"

"I don't smoke anymore, sorry! Give that to Maxpein!"

Yes..

I quit smoking..!!

Nakakahiya namang.. ang gwapo ng boyfriend ko.. Almost perfect at walang bisyo! Tapos akong maganda lang at matalino---may bisyo?!

"Tsk tsk tsk.. Cannot be, Zarnaih! Kenaaaat bi!" iiling-iling pang sabi ko.

Matapos kong maligo ay inayos ko ang sarili ko't magdamag nakipagtext kay Lee hanggang sa makatulog ako..

♥ K ♥ I ♥ N ♥ A ♥ B ♥ U ♥ K ♥ A ♥ S ♥ A ♥ N ♥

THURSDAY/HUWEBES

Tanghali na akong gumising.. Sinadya ko yun dahil pag nagkataon ay ito na ang pinakamahabang tulog para sakin..

Pagkabangon ko ay dumeretso ako sa banyo para magsipilyo..

Kahit bitin ang tulog.. ang sarap gumising kapag in love hahahahaha!!

****GLOG!*GLOG!*GLOG!*GLOG!****

Mas exciting pumasok!!

"Hehehehe.."

Nakangiting bumaba ako sa sala at nakita kong busy na lahat sila..

"Tulog pa si Max??" tanong ko pa kay Beka.

"Siguro.. kauuwi lang ng mga bakla e.. Orlog na muna ko, teh.. Kapagod!" sabi pa ni Beka at saka pumanik sa taas

"Wala ba kayong pasok?? Alas onse na ah??" si Boy.

"Half-day kami ngayon.." sagot ko. **"May bagyo kasi kahapon.."**

"Taray ah.. inabot ang suspension hanggang ngayon.. Cool! O sya, matutulog na rin ang bakla! Mabaho pa bibig ko sa pwet ko!"

Binigyan ko sya ng nandidiri'ng tingin at saka pinanood sya umakyat.

Bakit hindi pa rin gising yun?! Dumating ako kagabi---tulog sya! Naunahan ko pa syang magising?! Pagod na pagod??? Psh----

Unti-unti'ng nanlaki ang mga mata ko sa naisip ko!

A-Ano namang ginawa nila at.. p-pagod na pagod sya?!

Napatakip ako sa bibig ko dahil sa naisip ko!

W-Wag mo sabihing... S-Stop me--tigilan ako!!!

"Woi.."

Dahan dahan akong napalingon sa may hagdan..

"O-Oh??" tanong ko sa kanya.

"Anong ginagawa mo dyan!?" taas-kilay na tanong nya.

"W-Wala.. Kagigising mo lang??"

"Mmm.."

"Halata nga.." bulong ko at saka naglakad papalapit sa kusina.

"Um-order ako ng foods sa labas.. Mukhang wala kang balak gumising ng maaga e, kaya paniguradong hindi ka makakaluto.." sarkastikong sabi sakin ni Ate at siniringan ko naman sya. **"Oh, Maxpein?? Grabe.. ang haba ng tulog natin ah?!"**

"Mmm.. Napagod ko.."

Saan kaya sya napagod?

Anong ginagawa nila?!

Hindi ko mapigilang mag-isip at kinakabahan rin ako!

Parang lata'ng lata si Maxpein!

Ako ang naglagay ng plate kay Max na wala sa ayos ang pagkakaupo at magkakrus ang dalawang brasong nakapatong pa sa mesa!

"B-Bakit parang p-pagod na pagod ka??" kunwaring walang interes na tanong ko at saka nilagyan ng rice ang plate nya.

"Hindi naman.. Nanghihina lang.."

Nanghihina?! OMG..

"Wala bang kamatis dyan?" dagdag tanong pa nya na kay Ate nakatingin.

"Meron sa ref.." si Ate. At tumayo naman si Max!

Agad ko namang pinigilan sya..

"A-Ako na.. Hehehehe.." nakangiting pigil ko sa kanya!

"Thanks.." sagot nya at saka ko sya iniwan at naggayat ako ng tatlo'ng kamatis para sa kanya at isa sakin!

Hindi ko pa rin maiwasang hindi mag-isip!

M-May g-ginawa k-kaya sila?? K-Kaya g-ganyan na lang ang pagod nya?!

Maya maya pa ay bumalik na ako sa mesa at naupo sa harap nya.. Sinasadya kong tignan ang mukha nya munit hindi ako nagpapahalata! Kitang kita sa mukha nyang pagod sya at parang lata'ng lata naman ang katawan nya! Sa madalign salita..

Ang pangit ng aura nya ngayon!!!! Kaloka!

"S-Susunduin ka ni Sensui??" paunang tanong ko.

"Mmm.." tipid na sagot nya.

"K-Kumusta naman kayo kahapon??" tanong ko at saka tumingin sa kanya!

Nananatili syang sumusubo at hindi na nagsalita!!!!

Tumingin naman sakin si Ate kaya naman inalis ko kay Maxpein ang paningin ko at nagtuloy na lang ako sa pagkain!!!

"E ikaw?! Kumusta ka naman kahapon??" sarkastikong tanong ni Ate at siniringan ko naman sya!

"Anong oras ka na umuwi?" tanong sakin ni Maxpein..

"10pm hehehehe.."

"Aww.. sobrang late naman? Tulog nako nun e.." walang ganang sagot nya.

Kaya nga nagtataka ako kung bakit super takaw mo naman sa tulog ngayon?! Hmmm.. paniguradong may ginawa 'to kaya napagod ng husto!

Ano bang iniisip mo, Zarnaih?! Ganyan ba si Maxpein sa isip mo?!

K-Kusa kong naiisip e..

"M-May kape ba dyan??" biglang tanong ni Max kaya napatingin ako sa kanya.

"Ayy kape nga pala! Nakalimutan ko rin!" sabi ko pa at saka tumayo.

"Salamat.. Tsk, nasusuka ako.."

Napalingon ako kay Max at napatitig sa kanya!

Taka naman syang nilingon ako habang nakasandal sa upuan nya at astang lata'ng lata!

"Bakit?" walang emosyong tanong nya.

"N-Nasusuka ka??" tanong ko pa at mas pumangit naman ang ekspresyon ng mukha nya!

"Iba pakiramdam ko ngayon.. nahihilo ako at pakiramdam ko masusuka ako.."

Napanganga ako sa sinabi nya!!!!

"Okay ka lang ba, Max?? Kahapon naman.. okay ka nung umuwi ka ah??" sabat ni Ate.

"Tsk.. Hindi ko nga alam e.."

"Ano bang ginawa nyo ni Sensui ha?!?" biglang tanong ko at gulat naman silang nilingon ako!

Nanatili akong nakatingin kay Max at parang nag-isip pa sya!

"Nagse----"

"Heeeeeeeppp!!!!" pigil ko sa kanya!

Pakiramdam ko ay kumabog ang dibdib ko at nagsimulang maghabulan ang tibok ng puso ko!

"A-Ano bang nangyayari sayo?" takang tanong pa ni Max! **"Tss.. pinag-iisipan mo ba ko ng masama?"** taas-kilay pang tanong nya kaya naman napapahiyang napailing ako. **"Magdamag na nagsenti si Sensui kaya naman nung makaramdam ako ng pagod nagpahatid na ako pauwi.. Hindi kasi maganda ang pakiramdam ko.."**

"B-Bakit nga hindi maganda ang pakiramdam mo??"

"Naulanan kasi ako sa field.. Pakiramdam ko tratrangkasuhin ako---"

"Patingin nga!" pigil ko sa kanya sabay lapit at kapa! **"Hala! Ang init mo nga!"** sigaw ko pa!

"Uminom ka na agad ng gamot, Max.. Wag ka na munang pumasok.." si Ate.

"Hindi na, papasok ako.." si Max.

"Ano ka ba! Magpahinga ka na lang! Ang taas ng lagnat mo oh!" inis na sabi ko pa.

"Hindi na.."

"Wag ka ng makulet!"

"Gusto ko makita si Sensui e.."

"Kung aabsent ako, h-hindi ko sya makikita.." walang emosyong dagdag nya pa! Kaya naman nagkatinginan kami ni Ate ng makahulugang tingin.

In love na nga ang isang 'to.. Tsk tsk tsk!

"O sige sige.. Titimplahan muna kita ng coffee, tapos uminom ka ng gamot mamaya ha??" prisinta ko pa at tumango naman sya.

Nagtimpla ako ng coffee at ngiting ngiti pa ako nung iabot ko sa kanya yun pagbalik ko!

"Naih.." tawag sakin ni Max.

"Mmm???" nakangiting tugon ko.

"Wag mo sasabihin ke Deib na may sakit ako ah?!"

"B-Bakit naman?!"

"Mag-aalala yun e.. Basta, wag mo na lang sabihin.."

"S-Sige.." napipilitang sagot ko.

Maya maya pa ay nagpreprepare na kami papasok sa school.

Matapos kong maligo at mag-ayos ng sarili ay kinatok ko agad sya..

"Max, ano?? Okay ka lang ba??" tanong ko pa habang nasa labas ng pinto nya.

"Ayos pa naman.. Parating na si Sensui, papasukin mo muna.."

"Sige.." sabi ko pa at saka bumaba.

Eksaktong pagbaba ko nga ay nandon na si Deib.

"Aga ah???" biro ko pa sa kanya.

"Mmm, good afternoon.." nakangiting bati sakin ni Deib. **"Sabay ka na samin.."**

"No no no no no no no no!!! Hahahahaha! Susunduin ata ako ng sweetheart ko!" natatawang sagot ko pa sa kanya at nakitawa naman sya.

"Ahh.. That's nice, hehehehe!"

"Akala mo, ikaw lang ang sweet ah?!" biro ko pa at natawa naman sya. **"Kumain ka na??"**

"Mmm.. kanina pa.. Sa bahay.."

"I see.. Pababa na yun si Max, hintayin mo na lang.."

"Sige.."

"Hi Deib!" si Ate.

"Hi.." bati ni Deib sa kanya. **"Good afternoon.."**

"Hot aftie.. hihihihi!" malanding bati pa ni Ate sa kanya na sinuklian lang ni Deib ng pilit na ngiti! **"Are you happy to see me??"**

"Mmm.. not that much.."

"Hahahahaha!" malakas at sarkastiko akong tumawa sa mismong mukha ni Ate!

MAX'S POV

Para akong kakainin ng lupa sa sobrang sama ng pakiramdam ko..

Badtrip.. bakit ngayon pa?!

May quiz pa naman kami ke Chupan!

Paniguradong patayan na naman yun sa dami! At kapag ganitong may sakit ako, pakiramdam ko lahat ng braincells ko ay may damage! Hindi ko na ininda ang sakit ng mga buto buto ko pero ang bigat bigat talaga ng pakiramdam ko!

Hindi ako pwedeng mahalata ni Deib na ganito, paniguradong mag-aalala yun..

Huminga ako ng malalim at saka tuluyang bumaba! Pilit kong inalis sa mukha ko yung sama ng pakiramdam na dala ko.. Agad na nagliwanag ang mukha ni Sensui pagkakita sakin..

"Good afternoon.." bati nya na tumayo pa para salubungin ako. Nginitian ko naman sya at saka tumingin kila Naih at Yaz.

"Mauna na muna kami.. I'll see you later, Yaz.."

"Ingat!" si Yaz.

"Kita kitz sa school.." si Naih.

"Una na kami, geh.." sabi ko pa at saka lumapit kay Sensui.

Pagkalabas ay inalalayan pa ako ni Sensui papasok ng kotse nya pero sinadya kong magpaumuna na para hindi na sya madikit pa sakin, pakiramdam ko ay kapag nagsalita ako ng malapit sa kanya ay mararamdaman nya agad yung init ng hininga ko. Nung makasakay sya ay iniiwas ko pa ang paningin ko.

"Kumain ka na, Babe??" tanong nya pa.

"Mmm.. Ikaw??"

"Oo naman yes! Hehehehe! Nilutuan ako ni Mommy ng bistek, paborito ko yun e!"

"Ahh talaga???"

"Mmm.. lulutuan moko??" excited na tanong nya.

"H-Hindi ako marunong magluto e.." malungkot na sagot ko at mas nalungkot naman sya. **"P-Pag-aaralan ko hehehe.."**

"Talaga!?"

"Mmm.."

Wag kang mangako! Ulul! Itlog nga lang hindi mo maluto ng ayos e! Yun pa kayang bistek!

"Babe..??" tawag nya pa at nilingon ko naman sya.

"Mmm??"

"B-Bakit hindi mo ko kiniss kanina nung pagkakita mo sakin??"

Kiss na naman?!

"A-Ahh hehehehe.. O-Once a week nga lang di ba??" biro ko pa.

"Kahit sa pisngi---once a week pa rin?!" nakangusong tanong nya.

"Tuwang tuwa ka sa kiss ko ah??" pang-aasar ko sa kanya.

"Hehehehe.. magdamag ko ngang inisip yung kiss mo sakin kahapon.. Hindi mawala sa isip ko hahaha! Kung pwede nga lang hindi na magsipilyo---ginawa ko na! Wag ko lang makalimutan yung pakiramdam na nakadampi yung labi natin sa isa't isa! Bwahahahaha!!!!!"

Nakaramdam ako bigla ng pagkapahiya! Pakiramdam ko ay nagtayuan lahat ng mga balahibo ko at nagkasunod sunod ang paglunok ko!

"A-Ahh hehehehe.. N-Next week naman ulit.." palusot ko.

"Babe naman e.. Wag mo naman akong tipirin!"

"Hahahahah! Anong tinitipid ka dyan?! H-Hindi lang kasi talaga dapat natin sinasanay ang sarili natin sa mga ganong bagay.."

"Tch! Parang mabubuntis naman kita sa kiss!"

Nanlaki ang mga mata ko sa sinabi nyang yun!

Natigilan ako at hindi nakapagsalita!

Bumalatay naman ang pag-aalala sa mukha nya at halatang nakaramdam sya bigla ng hiya.

"S-Sorry.. I d-didn't mean it like that.." napapahiyang paumanhin nya pa at sinuklian ko naman sya ng pilit na ngiti.

"It's okay h-hehehehehe.." tawa ko pa kunwari.

Hindi na kami nagkibuan hanggang sa makarating kami sa school.. Ramdam kong naiilang sya sakin at naguiguilty sya sa sinabi nya.. Kaya naman bago kami bumaba..

"Don't worry.. You will have every kind of kiss in every kind of way in every possible place when we are together.." nakangising usal ko at nagsalubong naman ang kilay nya.

"T-Talaga?!"

"Mmm.."

"Hehehehehehe!"

""Wag mo ng isipin yun ah?! Hehehehe.. Tara na, baka ma-late tayo.."

Tulad kahapon ay sabay kaming pumunta sa locker at kumuha ng gamit..

"Susunduin kita mamayang breaktime.." nakangiting sabi nya pa habang hinihintay akong matapos sa pagpapalit ng gamit ko.

"Magkita na lang tayo sa Canteen, para hindi ka na aakyat.."

"Gusto kitang sunduin e.." nakangusong sabi nya pa at nangiti naman ako.

"O sige, ikaw bahala.."

"Tapos ihahatid ulit kita after ng breaktime.. tapos susunduin ulit kita after class.. Hehehehe!"

Matamis na ngiti ang naiganti ko sa kanya dahil sa ganoong paraan ko lang mailalabas ang tuwa ko sa kanya.

"Ang sweet ko ba??" biro'ng tanong nya.

"Sakto lang.." walang interes kunwaring sagot ko.

"Tch! Hindi man lang kiligin.."

"Wag kang mag-alala.. Kapag ako kinilig--ikaw lang ang makakakita.." natatawang bulong ko pa sa kanya.

"Talaga??" tuwang tuwang tanong nya pa na sinalubong ang mukha ko kaya naman agad akong lumayo sa kanya. Pero biglang nagsalubong ang kilay nya at saka sinamaan ako ng tingin! **"Malamang! Kailangan ako lang ang makakita sa kilig mo dahil sakin ka lang pwedeng kiligin! Kapag sa iba mo pinakita ang kilig mo patay ka sakin!"** mahinang sigaw nya at natawa naman ako sa kanya.

"Tara na, may quiz pa ko ke Chupan.."

"Galingan mo, Babe ah?? Hehehehe.. Sampalin mo ng grades mo si Chupan.."

"Wag ako ang intindihin mo dahil saulo ko lahat ng libro.."

"Hambog ka hahahaha!"

"Biro lang.. Mag-aral ka ring mabuti ah?? Kailangan mataas lahat ng scores mo.."

"Tch! Wala naman kaming quiz.."

"Ows??"

"Meron pala haahaha!"

"Kaya kailangang mataas rin ang makuha mo, okay??"

"Oo naman yes! Para sayo, Babe!"

"Wag para sakin.. para sayo at sa pamilya mo.." seryosong sabi ko pa at ngumuso naman sya.

"Pamilya rin naman kita e.. Ikaw ang bubuo sa pamilyang pinapangarap ko---bwahahhahahaha!"

Abnoy..

Nagkwentuhan pa rin kami habang umaakyat hanggang sa makarating kami sa room ko.

"Mamaya ah??" sabi nya pa. **"Susunduin kita bago magbreak time.."**

"Oo nga.."

"I love you.." bulong nya pa.

"Aral mabute, Babe." biro ko pa at saka tinapika ng balikat nya at saka ako pumasok!

Pakiramdam ko ay nakahinga ako ng maluwag! Ang hirap itago ng nararamdaman kapag sobrang bigat sa pakiramdam! Pakiramdam ko ay may nagliliyab na apoy sa loob ng katawan ko dahil parang umaalingasaw pa ang init ko!

DEIB'S POV

Sana ganito kami araw-araw hehehe!!!! Ang sarap sa pakiramdam.. Hahahaha! Pakiramdam ko sya na yung dahilan kung bakit ako pumapasok ng excited hahahaha!

Pero napaisip ako..

Napahinto pa ako sa paglalakad at saka napalingon sa room nila Taguro..

Bakit parang namumula ang mukha nya???

Normal lang ba ang ganon???

A-Ano yun?! Kinikilig sya sakin?!

Bwahahahaha! Ganon ba ako nakakakilig?! Para mamula ng ganon katindi ang mukha nya!? Hahahaha nice one Deib!

"OMG!!! Guuuurrrllssss!! Si Deiiib!"

"Kyyyyaaaaaaaaaaaaaaaaaa!!"

"Waaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaa!"

"Anggwapo nyaaaaa!"

"Yaaaaaaa!"

"I love you, Deeeeiiibbb!!!!"

Sorry.. I'm taken!

Mabilis akong pumasok sa room namin at nandoon ang mga ngiti ko habang nakikinig sa Lec.

"Ngiting ngiti ka ah?!" bulong sakin ni Tob.

"Ssshhh.. Listen.." bulong ko pa na itinuro ang Lec sa kanya.

"Hahahahahaha! Nice.. Yan nga ang magandang epekto ng pagiging in love, dre---"

"Mr. Yanai!"

"S-Sorry, Miss.." paumanhin ni Tob at saka ngumuso sakin!

"Bleh!" pang-aasar ko pa sa kanya at saka muling nakinig..

DISCUSS.

DISCUSS.

DISCUSS.

"Sinundo mo rin pala si Max??" si Lee. Nauna kaming matapos ni Lee kay Tob sa quiz at kasalukuyan namin syang hinihintay sa harap ng roo.

"Mmm.. Sinundo mo rin si Parrot, di ba??" nakangiting tanong ko.

"Mmm.. Baka kasi umulan, kung magmomotor sya ay mababasa lang sya, pinapatigil ko na ngang magmotor e.."

"Tch! Yan rin ang sabi ko kay Taguro e.."

"Ewan ko ba bakit hindi mabitiwan yung mga motor nila.."

"Astig kasi silang tignan don e hahahahah!"

"Hindi na nila kailangang magpakaastig ngayon dahil may boyfriends na sila.." nakangiting dagdag nya pa. **"Ano?? Kumusta kayo ni Max??"** nakangiting tanong nya kaya naman ngumiti rin ako ng matinde!

"Heaven, Lee! Bwahahahahahahahaha!!!"

"Mukha nga.. Wala ng mas sasaya pa sayo e hahahaha!"

"Tch! Hindi mo kasi alam yung pakiramdam dahil hindi naman ikaw--ako! Hahahah! Tsk tsk.. Kung alam mo lang kung gano kasarap ang mahalin ng isang Taguro---bwahahahahahahahaha!!! Ngayon alam ko na kung bakit hinahabol habol sya nung kumag nyang ex! Nyahahahahahaha!!!"

"Hanggang ngayon ba??"

"Mmm.. ewan ko.. Hindi ako interesado! Hahahahaha! Kahit lumapit lapit pa sya kay Taguro ngayon---wala na akong pakialam! Lalo na't alam kong ako ang mahal nya hahahahaha!"

"That's nice.. I'm happy for you.."

"B-Bakit, dre??? Nagsisisi ka na ba kay P-Parrot??" tanong ko at nanlaki naman ang mga mata nya!

"W-What are you talking about?!"

"Hahahahaha! Kung makapagsalita ka parang sising sisi ka sa kinahinatnan nyo ni Parrot e hahaha!"

"T-Tsh! Siraulo!"

"Hahahahahaha!!!!" malakas na tawa ko at nakitawa naman sya. **"Anak ng teteng---hoy!!! Hapon! Dalian mo naman dyan! Baka hinihintay na ako ng puso ko!"** sigaw ko pa kay Tob na kasalukuyan nang nagpapasa ng papel nya.

"Pucha! Ang hirap nung quiz na yun! Parang periodical na e!" inis na sabi pa ni Tob at naglakad naman kami papalapit sa hagdan.. Pero bago pa man kami makahakbang ay nakita na naming pababa sina Parrot, Michiko, Migz at BJ..

BLINK!*BLINK!

Nasan na naman si Taguro?!

"Uyyy Deib, mamaya mo na daw sunduin si Maxpein, naiwan sya sa room.." si BJ.

"Bakit?!" tanong ko.

"May quiz kasi kami e.. Lokong Chupan yun, binigyan sya ng 300---samantalang samin 150 lang?!"

"A-Ano?!" inis na tanong ko!

"What?? Are you sure?!" si Lee.

"Badtrip yun ah??" si Tob.

"Pero wag mo na munang akyatin ay baka lalong pag-initan yun.." si Migz.

"E m-may kasama ba sya don??" nag-aalalang tanong ko.

"Oo.. Kasama nya si Zielette, yung kaklase naming matalino rin, pareho silang 300items ang quiz.." si Michiko.

"King inang Chupan yun e! Ako ang nag-iinit ang ulo sa kanya e!" si Parrot.

"Aakyatin ko sya---"

"Wag na.." pigil sakin ni Parrot.

"B-Bakit?!"

"Ayaw nga ni Serr na hintayin namin sya e! Psh! Madagdagan daw ang items ni Max kapag hindi pa kami umalis don---kaya mamaya mo na lang sya sunduin, or hintayin nalang natin sya sa Canteen.."

Nakaramdam ako ng matinding inis! Napatingala pa ako paakyat sa floor nila pero mukhang wala rin akong magagagawa! Kung ganon ang sinabi ni Mr. Ciufan sa kanila, malamang tototoohanin nya ang sinabi nya!

Badtrip ka Chupan ah!

Kaya naman wala akong choice kung hindi ang sumabay na sa kanila pababa! Umorder pa rin ako ng pagkain namin ni Maxpein pero hindi na muna ako kumain.. Hihintayin ko sya..

"Uyy, Deib, kumain ka na.. 15 minutes lang ang break ah??" si Michiko.

"H-Hihintayin ko si Taguro.." nakangusong sagot ko.

"Awww.. ang sweet mo.." puri nya pa sakin pero nanatili akong nakanguso.

Naiinis ako kay Sir Ciufan!

Ganon pala talaga nya kung pahirapan si Taguro?! Yari ka sakin!

Maya maya pa..

"A-Anong oras na ah?? Tapos na kaya sya?? Halos 5minutes na lang bago matapos ang break..." sabi ko pa na maya't maya ang tinign sa relos ko.

"Baka hindi pa tapos yun.. Hayaan mo na muna, bababa naman yun kung tapos na sya.." si Parrot.

"A-Ayoko.. Susunduin ko sya.." sabi ko pa at saka tumayo.

"Sige, dre.. Akong bahala kay Sir Ciufan.." si Lee, tinanguan ko naman sya at saka ako naglakad papalabas ng Canteen.

Doon ako dumaan sa kabilang part ng building dahil marami ng students ang umaakyat at bumababa sa hagdan kung san kami madalas umakyat at bumaba.. At isa pa, pag doon ako sa left side dumaan, pag-akyat ko ay room na agad nila Taguro ang makikita ko.. Pero pag-akyat ko..

BLINK!*BLINK!

BLANGKO ANG ROOM NILA TAGURO!

Nasan na kaya yun!? Baka nakababa na..

Bumuntong-hininga pa muna ako at saka bagsak ang mga balikat na naglakad papunta sa kabilang dulo ng hallway..

Pero bago pa man ako makarating pababa sa hagdan..

Natanaw ko si Randall na sa espasyong nasa pagitan ng hagdan papunta sakin at hagdan pababa sa susunod na palapag..

Nakatalikod sya sakin at bagaman nakita ko sya ay hindi naman ako lumampas sa pader papunta sa hagdan kaya naman hindi ko naaninag kung sino ang kausap o kasama nya..

Ilang iglap ko lang syang nakita munit hindi ko malimutan ang itsura nya..

Bahagya syang nakayuko..

Anong ginagawa nya dito???

Nakaramdam ako ng matinding pagtataka!

Pero mas nagtaka ako sa sarili ko!

Bakit naman ako nagtatago?! Tch! Pakialam ko sa kanya?! Kailangan kong makita si Taguro dahil baka nagugutom na sya!

Inis akong tumalikod at nagpasyang sa kabilang side na lang ulit ng building na yun bumaba pero..

"Ano bang nangyayari sayo?"

TUG!*DUG!

"I-I'm sorry.." dinig kong usal ni Randall.

Natigilan ako sa paglalakad ko habang nasa dulo ng hallway ang paningin ko..

Bumilis at lumakas ang tibok ng puso ko..

Hindi ko maintindihan ang bahagyang kirot na yun sa puso ko at ang biglang pangingilid ng luha ko..

Anong nangyayari sakin?

Hindi ko kayang magsinungaling sa sarili ko..

Alam ko at sigurado ako kung SINO ang narinig ko!

Nung sumagi *'sya'* sa isip ko ay mas lalong nabasa ang mga mata ko..

"Tumingin ka sa mga mata ko at sabihin mo saking hindi mo na ako mahal.." si Randall.

TUG!*DUG!

Isang napakalakas na tibok ang bumaon sa dibdib ko!

At napakalunok talaga ako ng matindi!

"M-Maxpein.."

Gusto kong tumakbo nung marinig kong muling iusal ni Randall ang pangalang yon!!!!

"I want to hear it now.." dinig kong dagdag pa ni Randall. **"P-Please.."**

Para akong ibinaon sa kinatatayuan ko..

Bawat segundong pumapatak na wala akong naririnig na salita ay nakakapagpabaon sakin sa kinatatayuan ko!

Kaya naman nagpasya na akong humakbang...

"Mahal kita.."

At bumagsak ang mga balikat ko kasabay ng sunod sunod na pagtulo ng mga luha ko.. Bumigat ang dibdib ko at pakiramdam ko ay sasabog ang ulo ko! Sunod sunod na kurot sa dibdib ko ang nakapagpalambot sa mga tuhod ko!

Pilit kong inihakbak ang paa ko at saka dahan dahan munit mabilis na naglakad papalayo papunta sa kabilang side ng building..

Nung tuluyan akong makarating sa dulo ay saka ako napasandal sa pader pababa ng hagdan..

PADAKLOT KONG NAHAWAKAN ANG DIBDIB KO..

Mahal kita..

Nagpaulit-ulit sa tenga ko ang huling sinabing yun ni TAGURO!!

'Bakit kailangang maging ganito kasakit.. Taguro???'

Hindi ko na napigilan ang mga luhang nagtuloy tuloy sa pagbagsak kasabay ng sakit na nararamdaman ko..

Napaharap ako sa pader at bahagya pang naisuntok doon ang kanang kamay ko..

Parang bumagsak ang mundo ko..

Naubos ang lakas ko..

Gusto kong mahiga sa pwesto ko at manatiling ganon munit hindi ko magawa..

Kahit mahirap ay pilit kong kinalma ang sarili ko at nung bahagyang humupas ang luha at sakit na nararamdaman ko ay pinahid ko ang mga luha sa mata ko at patakbong bumaba hanggang sa makalabas sa BIS..

Pumunta ako sa kotse ko at saka nagkulong doon..

At muling hinyaang tumulo ng tumulo ang mga luha ko..

OceanofPDF.com

CHAPTER 140

MAX'S POV

Pagkapasok sa klase..

"Ang sweet naman talaga ni Deib, hinatid ka pa.." si BJ.

"Sana may ganyang eksena rin ako.. Ang ganda ko nun siguro.." si Migz.

"Hinatid rin ako ni Tob pero bakit ganun?? Mas kinikilig pa rin talaga ako sa inyo??" si Michiko.

Ginantihan ko lang sila ng pilit na ngiti dahil hindi talaga maganda ang pakiramdam ko..

"Okay ka lang ba?? Parang ang sama sama naman ng pakiramdam mo?? Okay ka lang??" nag-aalalang bulong sakin ni Naih.

"H-Hindi nga masyado e.." mahinang sagot ko.

"Hala, e bakit naman kasi pumasok ka pa?? Pwede ka namang puntahan ni Deib kung may sakit ka.."

"Hindi na, mag-aalala lang yun e.."

"Yun nga ang masarap e, hahahahaha! Aalagaan ka pa nya kasi may sakit ka at nag-aalala sya.."

"Ayaw kong mag-alala sya.."

"Mahal mo na sya??" nakangising tanong nya.

"Sobra.." nakangising bulong ko rin at nanlaki ang mga mata nya kaya naman natawa pa ako ng bahagya sa kanya..

Napaingit lang ako ng bahagya dahil pakiramdam ko ay nahilo pa ako ng bahagya..

"H-Hindi nga???" hindi makapaniwalang tanong nya pa at tumango nalang ako. **"Oh my God.. O-Oh.. My.. God... H-Hindi nga?!"** ulit nya pa kaya tumango ulit ako. **"Eeeeeekkkk!!! Hahahahahahahaha!!! Nakakaloka ka, Max!!!"**

"Tss.."

"Mahal mo na talaga?? At sobra pa?? Waaaaaa! Hahahha!! Ang sayaaaa koooo!"

Kung masaya sya--ano pako??

"Maaaaxxx!!! Hindi nga?!"

"Tsk.. Oo nga.."

"Oh my God!!!!"

"Wag ka ngang maingay.."

"A-Ano ka ba! Natutuwa ako! Ang saya ko!"

"Halata nga.."

"Psh! Parang hindi ka man lang natutuwa e noh?!"

"Hindi nga maganda ang pakiramdam ko.."

"Tatawagan ko na ba si Deib?!"

"Wag.. Magiging okay rin ako mamaya.."

"Sure ka??"

"Oo.."

"Pero.. hahahahha! Hindi talaga ako matatahimik nito, hahaha! Mahal mo na talaga sya??? Talagang talaga??"

"Isang tanong mo pa---tablado ka.."

"Pakyu! Hahaha! Natutuwa na nga para sayo e.. Yiiieee! Totoo??"

Hindi ko na sya sinagot..

Biglang pumasok ang Lec kaya naman natahimik na kami..

Pero nakakapagtaka lang na ibang Lec ang pumasok samin ngayon..

Chemistry Lecturer ang pumasok imbes na si Chupan, kaya naman takang napatingin kami sa kanya..

"Okay, listen class.. Mr. Ciufan and I exchanged schedules for today, I have to go home early today so I asked him earlier to exchange scheds, I hope you understand.. This afternoon, we will be doing some exercises.. Please bring out your workbooks.." sabi pa nung Lec ay sumunod naman kami.

Maya maya pa ay nagsimula na kaming gumawa ng exercises sa Chem.

Ramdam ko ang lalong pagbigat ng ulo ko..

Bawat tanong sa workbook na yun ay nakakapagpabigat pa lalo sa ulo ko!

Sa twing tutungo ako ng todo ay parang tutulo ang sipon ko..

Kapag nasisilaw ako sa liwanag ng kalangitan sa labas ng bintana ay para akong mababahing..

Kapag ganito ang pakiramdam ko.. gusto kong makasama si Deib..

Napabuntong-hininga pa ako sa isiping yun..

Nanlulumo ako..

Hinang hina ako..

Parang gusto kong mahiga na lang at magpahinga..

Bakit ba kasi ang tigas tigas ng ulo ko?? Tss..

"Okay, Class.. 10 minutes left.." sabi pa nung Lec kaya naman nagmadali akong magsagot.

TIC!*TOC!*TIC!*TOC!*TIC!*TOC!*TIC!*TOC!

"Finish or not finish, pass your workbooks.." utos pa nung Lec kaya naman kahit hindi ko pa tapos ang huling exercise ay pinasa ko na ang workbook ko.

Maya maya pa..

"Uyy ano?? Kaya mo pa?? Parang malalagutan ka na ng hininga dyan ahh??" nang-aasar munit bakas ang pag-aalalang tanong ni Naih, nilingon ko naman sya at ipinakita ang tunay na nararamdaman ko. **"Loko ka kasi e, sabe ng wag ng pumasok---masyado kang pa-bida e noh?? Kapag lumala ka pa, mas lalong mag-aalala si Deib mo.. Alam mo namang OA yun e.."**

"Parang ikaw lang.."

"Because we care, ya know?? Hehehe.. Gusto mo bilhan kitang gamot??"

"Hindi na.. Kaiinom ko lang e, every four hours yun di ba??"

"Pucha, e parang kukunin ka ng langit sa sobrang putla mo e! Kanina namumula ka pa---ngayon iba na.."

"Kaya ko pa naman, ilang subjects nalang naman e.."

"Geh magmatigas ka pa.. Isusumbong kita kay Deib.."

Dumating ang sumunod na Lec kaya naman nakinig na lang kami..

English Class..

"Okay class.. Taaadey, we are more on speakeyng, pronunciashen---dicshen!!" maaksyong usal pa ng Lec.

SPEAKING, PRONUNCIATION, DICTION DAW

"Class! Repeat after me---Innernet!!!"

"Internet---!!"

"Innnernet!!"

"I-Innernet!"

"Innnernashenal!!" si Lec.

"International----!!!"

"In-ner-na-shenal!! I said---repeat after me!!! Look at my mouth!! Innnernashenal!" sigaw pa ni Lec.

"Innnernashenal!"

"Innnnercoastal!" si Lec.

"Innnnercoastal!!"

Maya maya pa..

"King ina, ang sakit ni Miss sa panga!!!" bulong pa sakin ni Naih at sinulyapan ko lang sya.

"Nakakainis naman si Mommy.. huhu!" si Michiko, bigla syang lumapit samin pagkalabas ni Miss.

"Bakit, teh??" si BJ, naupo sa armrestbng chair ni Naih.

"Kasi diba may problema ako sa last name ko?? Hanggang ngayon hindi nya pa naaasikaso ang bercificate ko! Hinihingi na ng office, yun nalang ang pending ko!"

B-Bercifi---what???

"Last name kasi ng Mommy ko ang gamit ko, kasi hindi pa sila married nung ipanganak ako.. Itinago pako ng parents ko noon, kasi nga artista e--bawal pa.. Kinausap ako ni Miss Reycie, hindi daw ako makakagraduate ng wala ang bercificate ko.." paliwanag pa samin ni Michiko, tatangu-tango'ng nakinig lang kami ni Naih sa kanya. **"E hanggang ngayon hindi pa inaayos nila Mommy yung bercificate ko.."**

"Ano ba kasing bercificate, teh??" takang tanong ni Migz.

Nagkatinginan naman kami ni Naih at nagpigil sya ng tawa..

"Bercificate---yun bang papel pagkapanganak??" si Michiko.

"Birth certificate!!! Bakla ka! Makabercificate ka naman dyan--basta nalang!!!" natatawang pang-aasar ni Migz kay Michiko.

"Y-Yun nga, ano ka ba.." napapahiyang sabi ni Michiko.

"Ang tali-talino mo talaga, teh.." si BJ.

"Jusko.. e ano ang death certificate kay bakla?? Dercificate?? Echusera.. My God.." si Migz.

"Pero bakit hindi maasikaso ng parents mo?? Madali lang naman yun!" pag-iiba sa usapan ni Naih.

"E kasi nga.. busy daw sila pareho.. Huhuhu!!" si Michiko. **"E ilang beses ko ng sinabi kay Mommy yun na first year pa lang ay naka-pending na y-yun.. Sabi tuloy sakin ni Mam Reycie, every year na lang ba kitang ireremind, Michiko?? Tsk.. Syempre, nakakahiya naman di ba??"**

"Oo nga.." si Naih.

"Buti nga pinayagan kang umabot ng thirdyear ng incomplete ang requirements mo, lalo na at birth certificate yun.. Importante yun ah!"

si BJ.

"Oo nga teh! Baka kaya ka minamadali ng Miss Reycie ay dahil pinaghihinalaan ang existence mo??" si Migz.

"Loko ka talaga, Migz!"

"Echoz lang, teh.."

"Uyy teh, ayos ka lang ba?? Bakit parang matetegi kana??" seryosong tanong sakin ni Migz, napatingin naman silang lahat sakin.

"Nilalagnat sya.." sabat ni Naih.

"Hala! Nagpaulan ka ba kahapon??" si BJ.

"N-Naulanan ako e.. Biglang buhos kasi yung ulan.." sagot ko.

"Hala.. punta ka na kaya sa Clinic?? Dalhin ka namin??" si Migz.

"Hindi na, si Chupan na e.." sabi ko pa.

"Mukhang hindi ka na okay e--kaya mo pa ba??" si Michiko, sinagot ko naman sya ng ngiti.

Maiisip ko palang na si Chupan ang next subject parang hihimatayin nako sa panghihina..

Pakiramdam ko ngayon ay simot na simot ako.. Sobrang nanghihina ako talaga..

Makalipas ang isang minuto ay dumating naman si Chupan.

"You! Stannnaaappp!!!!" sigaw nya agad sa isa sa mga classmate namin. **"Oh, Faraon, what city is known as the Queen City of the South??"**

"S-Sir??"

"Anong sir!!!??? Queen City of the South nga e---anong isini-Sir Sir mo dyan!!!"

"So-Sorry, Sir.."

"Ahh.. Hindi mo alam!?"

"N-No, Sir.."

"Drop out!!!"

"S-Sir naman!"

"Anong Sir naman?? Ilang buwan ka na bang pumapasok sa klase ko, Faraon??"

"2 months, Sir---"

"Ayon!!! Pero hindi ka man lang natatakot sa ugali ko! Pumapasok ka sa klase ko ng wala kang kaalam-alam! Tarantado!! Oh!! Sinong sasagot!! Kapag walang nakasagot sakin--Faraon, magdrop ka na!

Magsumbong ka sa mga magulang mo---pinalayas ka kamo ni Satanas!" sigaw pa ni Chupan.

"S-Sir n-naman po.."

"Wag mo kong ma-Sir Sir! Idadrop talaga kita! Anyone!!!! What city is known as the Queen City of the South!!??"

"S-Serr!!" taas-kamay ni Naih sabay tayo.

"Oh Marchessa??"

"Cebu, Serr.."

"Anong Cebu?????"

"Cebu ang sagot, Serr.."

"Incomplete answerrrr!!!"

"C-Cebu is the City known as the Queen City of the South here in the Philippines, Serr---"

"Ayooon!!!! Sitdown!!!!"

"King ina dameng te-arts.." bulong pa ni Naih pagkaupo.

"Get one whole sheet of Pad paper---Nooooooow!!!!! 100 items!!!" biglang sigaw ni Chupan at nagkatinginan ang lahat!

"Hala, S-Sir naman.."

"Sir.."

"Andami naman.."

"Nakakaloka.."

"Kahit kailan talaga oh.."

"150 items!!!!" sigaw na naman ni Chupan.

"Pucha wag na kasi kayong magreklamo.."

"Nadagdagan pa, sheeet.."

"Kainis, huhuhu.."

"Nakakaiyak naman huhu.."

"Ano?? Magrereklamo pa kayo??" nakapamewang pang sigaw ni Chupan at nagsipagtunguhan nalang ang lahat at saka nakinig sa kanya.

Don ako lalo nakaramdam ng hilo..

Pakiramdam ko ay punong puno ang ulo ko sa bigat..

Ang init rin ng singaw ng mata, ilong at bibig ko..

Ultimong kamay ko ay may bahagyang nanginginig rin..

Nagtuloy ang klase at tulad ng dati ag dinidikta lang ni Chupan ang mga tanong, inuulit ng isa pang beses at saka magbibigay ng panibagong tanong..

"Number 28!!!" sigaw nya pa. **"What is the largest city in Mindanao??? What is the largest city in Mindanao??? 29!!!!"**

"Sir wait lang---"

"What is city is nicknamed Ciudad de las Flores?? What is city is nicknamed Ciudad de las Flores??"

Maya maya pa ay hindi ko na maintindihan ang pakiramdam ko..

"47!!!!"

Kumukulo ang tiyan ko..

Pero pakiramdam ko ay masusuka ako!

'Demmit.. Tsk..'

"58!!! What city is known as the City of Friendship here in the Philippines---Oh?? Where are you Del Valle???!!!" sigaw nya sakin nung bigla akong tumayo!

Pero hindi ko na magawang magsalita!

Napahawak ako sa tiyan ko habang nakatakip ang isang kamay ko pa sa bibig ko!

Dali dali akong naglakad papalapit sa pinto!

"Aba--Hoy!!! Ayaw mo na ba?? Ha?? Saan ang punta mo??" tanong pa ni Chupan pero hindi ko na sya pinanasin at patakbo na akong nagpunta sa banyo!!!

"A-Arrrkk.." naiusal ko pa ng nailabas ng tuluyan ang laman ng bibig ko..

Habol habol ang hiningang naubo pa ako!

Tsk..

Hindi man lang gumaan ang pakiramdam ko pagduwal na ginawa ko..

"OMG!! Who's in there??"

Nanlaki pa ang mga mata ko nung marinig ko ang isang pamilyar na boses mula sa labas ng cubicle..

"Did I just hear someone throwing up??" maarte'ng dagdag pa nito.

"My God, in Girl's Washroom?? Goodness.."

Inayos ko lang ang sarili ko at saka ako lumabas..

"Hohow!!! So, it's youuu??" parang nandidiring duro pa sakin ni Abby. **"What do you think you're doing??"**

"Eeeww did you just make suka in here???" sabat naman ni Aimee.

Hindi ko sila pinansin at lumapit ako sa sink at saka nagmumog.

"Like ewwww??? Aren't you going to brush your teeth or something??" si Abby na naman!

"B-But.. oh.. did you just vomit?? OMG!!! D-Don't tell me she's..." si Aimee.

"Uh-oh.."

Kitang kita ko pa mula sa salamin sa harap ko ang makahulugang tinginan nila sa isa't isa..

Hindi ko na sila pinansin at naghugas nalang ako ng kamay at saka lumabas at bumalik sa classroom..

"S-Sorry, Serr---"

"Del Valle--300 itemsss!!!!"

WTF???

Gulat akong napalingon sa kanya habang salubong ang kilay ko!!!

"Aba, tignan mo nga naman, oh?? Mukhang mas galit ka pa sakin, ano???" sarkastiko munit galit na sigaw pa sakin ni Chupan! **"Lalayas layas ka kung kailan mo magustohan?? Anong akala mo sa klase ko?? Alam mo ng nag-eexam--lumayas ka?? Nahinto kami sa pagkuquiz ng dahil sayo! Barumbado kang talaga, ano??? Sitdown!!! 300 items ang quiz mo, malinaw!!??! Pareho kayo nitong si Zielette!!! Isa ka pa! Kung hindi ka late ay absent ka! 300 items!!! The rest---150!!! 80% ang passing!!"**

"Board exam ang king ina.." bulong pa ni Naih. **"San ka ba galing kasi??"**

"N-Nasuka ako e.." umiiling pang sagot ko.

"Ha?? E okay ka lang ba?"

"Okay na.."

"Number 58!!!" sigaw pa ni Chupan kaya nanahimik na kami ni Naih.

Mabilis na lumipas ang oras at natapos ang 150 items..

"Only the two of you will remain, the rest--dismiss!!!" sigaw ni Chupan at nagsilabasan nga ang lahat.

"Ano?? Dyan kana??" tanong sakin ni Naih.

"Mmm.."

"Baka hindi ka na makapagbreak nyan, bakla??" bulong ni Migz.

"Baka sunduin ako ni Sensui, ikaw nalang bahala magsabi.." sabi ko pa kay Naih.

"Ano ba?? Hindi pa ba kayo lalabas?? O baka gusto nyo ring mag300 items??!!!" sigaw pa ni Chupan sa kanila.

"Lalabas na nga e.. king ina atat.." bulong pa ni Naih. **"Galingan mo.."**

"Sige.."

At lumabas na sila..

"Hahahaha! Ano?? Hindi ba't sa huli ay ako pa rin ang masusunod?? Makakatanggap kayo ng parusa sakin kapag sumuway pa kayo at nanatiling pasaway dito sa loob ng klase ko!!! Number 151!!!" sigaw nya pa at nagtuloy tuloy naman ang pagbibigay nya ng tanong.

Makalipas ang bente minutos ay natapos rin sya..

"Ano?? Baka gusto mong magpaliwanag??!!!" biglang banat ni Chupan sakin.

"Tss.. kung kelan naka-300 items ka na?? Mabaliw ka kaiisip.." mahinang bulong ko pa at saka tumayo at kinuha ang gamit ko.

"S-Sir.. ako po kasi, nasiraan yung car namin around coastal kanina.." si Zielette.

"E ikaw??!!" baling sakin ni Chupan pero tinanguan ko na lang sya.... at saka ako lumabas..

The best ka.. peste..

"Bastos kang talaga, Del Valle!!!!!" dinig kong sigaw pa ni Serr pero hindi na ako nagpatinag.

Naglakad na ako papunta sa kabilang dulo ng hallway..

Masyado ng tahimik dahil wala ng estudyante sa loob ng mga rooms..

Nung marating ko ang hagdan ay saka ako nagdahan dahan.. Napahawak pako sa kapitan dahil parang nalulula ako..

Bahagya pa akong huminto nung mababa ko ang unang hagdan, nagstay muna ako sa espasyo sa pagitan ng hagdan mula sa taas at hagdan pababa sa susunod na floor.. Napapikit ako at napahawak ng todo sa grills ng hagdan..

"M-Maxpein.."

Natigilan ako at naiangat ang paningin ko sa pamilyar na boses na yun!

SI RANDALL.

"Can we talk??" tanong nya pa nung tingalain ko sya. Pero..

Ako pa ang nagulat nung makita ko sya!

Anong nangyari dito??

Hindi ko maipaliwanag ang itsura nya..

Bagsak ang mga balikat nya at ganon na rin ang mga pisngi nya..

Namumula ang mga mata nya at nangingitim ang gilid ng mga mata nya..

"A-Are you okay?" takang tanong ko pa.

"D-Do I look like I'm o-okay??" natatawa kunwaring tanong nya. Napabuntong-hininga naman ako at hinanap ang mga bakas ng pagkakabugbog nya nung nakaraan.

"What are you doing here?" pormal na tanong ko, pakiramdam ko ay panandalian kong nakalimutan ang panghihina ko dahil mukhang mas hinang hina pa sya kesa sakin.

"I j-just want to talk to you.." mahinang sagot nya pa at natiglan naman ako.

Napatingin ako sa paligid namin at saka ako muling tumingin sa kanya at nagtama naman ang mga paningin namin..

"About what?" seryosong tanong ko.

"About you and me.. About us."

"W-What about us??" takang tanong ko pa rin..

"C-Can we just go back to what we u-used to be?" mahina munit dinig na dinig kong tanong nya! Natigilan naman ako at mas napatitig sa kanya..

Nagsimulang mangilid ang mga luha sa mga mata nya kaya naman parang hinaplos ang puso ko sa itsura nyang yon..

What's going on with you?

Pero sadyang awa na lang ang nararamdaman ko at sigurado ako sa bagay na yon..

"W-What's the problem, Randall??" tanong ko pa sa kanya.

"The p-problem is that... I c-can't get you out of my head.. I t-think I'm still in love with you.." mahinang usal nya at mas natigilan ako! Tumingin ako ng deretso sa mga mata nya sa kabila ng pagkagulat ko! **"No..."** mahinang bulong nya pa na bahagya pang umiling.. **"I've a-always been in love with you---"**

"R-Randall.." pigil ko sa kanya at mas tumitig naman sya sa mga mata ko.

"I still love you, Maxpein.."

"H-Ha.." hindi makapaniwalang buntong-hininga ko.

"H-Hindi mo na ba ako mahal??" tanong nya pa at napatitig ako sa mga mata nya at bahagya pa akong umiling..

Hindi na kita mahal..

Gusto kong iusal ang mga salitang yan pero natatakot ako masyadong masaktan ko sya..

Hindi ako makapaniwala sa mga sinasabi nya!

Hindi matanggap ng sistema ko ang mga sinasabi nya!

Bakit?!

Panong nagkaganon?!

Mahal?! Mahal nya pa ako?! Niloloko nya ba ang sarili nya?!

Gusto kong magalit!

Pero inuunahan ako ng AWA na nararamdaman ko dahil sa nakikita kong itsura nya at dahil sa nararamdaman kong lungkot na nagmumula sa kanya!

Damn this! This can't be happening!

Hindi ako nakasagot at nananatili akong hindi makapaniwalang nakatingin sa kanya!

Bumalatay naman ang pagmamakaawa sa mukha nya kaya naman bahagya pa akong napaatras dahilan para mapasandal ako sa pader..

Lumapit naman sya sakin dahilan para mapatalikod sya sa hagda'ng binabaan ko kanina..

"Tumingin ka sa mga mata ko at sabihin mo saking hindi mo na ako mahal.." biglang usal nya pa.

Pilit kong iniwasan ang mga tingin nyang yun pero taka pa rin akong napatingin sa kanya!

Naiintindihan ko ang mga sinasabi nya pero hindi ko maintindihan kung bakit ganito ang nararamdaman ko habang pinapakinggan sya!

Yung pakiramdam na HINDI KO GUSTO ANG MGA NARIRINIG KO.

Yun ang nararamdaman ko ngayon..

Hindi ako makapaniwala sa mga sinasabi nya at hindi ako natutuwa sa mga sinasabi nya..

Napapikit pa ako at napabuntong-hininga ng napakalalim at saka muling inaninag ang mga mata nya at nagtitigan kami ng deretso sa mga mata.

"P-Please tell me that you feel the same way for me, Maxpein.. P-Please.."

Bumilis ang tibok ng puso ko at namamanghang napatingin ako sa kanya!

Hindi ako makapaniwala sa mga narinig ko!

What the heck is wrong with him?!

HINDI AKO MAKASAGOT!!!

Hindi ko alam kung saan ako kukuha ng isasagot!

Andami kong nararamdaman munit aliman sa mga yun ay hindi ko maiusal sa harap nya!

Gulat talaga akong napatitig lalo sa mga mata nya at pinagmasdan ang mukha nya!

Ramdam ko ang sinseridad nya pero.. hindi ko maintindihan ang nararamdaman ko..

Hindi na tulad ng dati na parang hinihiling ko pang sabihin nya ang mga yan!

Muling nagtama ang paningin namin at napaisip pa ako at saka humugot ng lakas ng loob para makapagsalita!

"Ano bang nangyayari sayo?" deretsong tanong ko at natigilan naman sya bigla at napahilamos ang kanang kamay nya sa kabuuan ng mukha nya.

"I-I'm sorry.." nakatungong sagot nya.

Hindi ko sya sinagot..

Muli syang tumingin sakin dahilan para magsimulang kumabog ang dibdib ko sa kaba!

Hindi tulad ng kaba'ng nararamdaman ko pag hindi sya ang kaharap ko..

"Tumingin ka sa mga mata ko at sabihin mo saking hindi mo na ako mahal.." pag-uulit nya.

Ang kaba'ng nararamdaman ko ngayon ay may halong takot..

Dahil hindi ko inaasahan ang mga sinasabi nya..

"Maxpein..." mahinang usal nya pa.. **"I want to hear it now.. P-Please.."**

DUGUDUG!*DUGUDUG!*DUGUDUG!

At nagtuloy tuloy ang kabang yon sa dibdib ko!

Kinabahan ako na akala mong mamamatay tao ang kaharap ko!

Pano ako makakasiguro'ng hindi ko sya masasaktan??

Nananatili akong nakatingin sa kanya munit parang hindi ko na sya makita!

Just be honest.. be yourself and speak up, Maxpein..

Huminga ako ng malalim at saka muling tumitig sa kanya na may tapang na sa mga mata..

"Mahal kita.." mahinang usal ko at parang biglang nagliwanag ang mga mata nya kaya mas diniinan ko pa ang pagkakatitig sa kanya. **"Pero noon yon.."** dagdag ko at natigilan sya. **"..hindi na ngayon.."** umiiling pang usal ko.

Kitang kita ko ang panlalaki ng mga mata nya..

Kitang kita ko rin ang unti-unting pagbalatay ng pagkabigo sa mukha nya..

"M-Maxpein.."

"R-Randall.. A-Ang totoo h-hindi ko inaasahang sasabihin mo 'to ngayon---"

"Dahil hindi ko na matiis! Hindi ko na mapigilan ang sarili ko.. kusa kang hinahanap ng pagkatao ko Maxpein.. i-ikaw ang kailangan ko.."

Mas kinabahan pa ako nung magsimulang tumulo ang mga luha sa mga mata nya dahilan para muli kong maramdaman yung bahagyang haplos na yon sa dibdib ko..

"S-Sinubukan kong alisin 'to sa sistema ko p-pero hindi kaya e.. Hindi ko kaya! Y-Yung puntahan mo ko sa bahay ko p-para gawin lahat yun--yun! Yun ang naging dahilan kung b-bakit ako nagkakaganito.." mahinang sigaw nya pa. **"M-Mahal kita.. mahal na mahal pa rin kita.."** nanginginig ang boses na dagdag nya pa. **"And I'm hoping that it would make a difference by telling you.."** napakamot pa sya kunwari sa batok nya at saka lumuluhang tumingin ng deretso sa mga mata ko. **"Maxpein.. I miss having you.. I miss talking to you.. I miss everything about you.. I t-thought I was over you but I'm still not over you---"**

"R-Randall.. please.." pakiusap ko para mahinto sya. **"N-Naguguluhan ka lang---"**

"Oo! Naguguluhan ako! Naguluhan ako at hanggang ngayon naguguluhan ako!" mahinang sigaw nya pa habang lumuluha. **"Naguguluhan ako dahil hindi ko alam kung dapat ko pa bang sabihin sayo ang tunay na nararamdaman ko.. Sinubukan kong kalimutan pero n-nandito pa rin, Pein.."** sabi nya na itinuro pa ang dibdib nya. **"After all this time.. i-it's still you.. You.. and no one but you.."**

"D-Don't say that.."

"But I want you to know----"

"I don't wanna know.." sagot ko at natigilan sya.

"M-Maxpein.." nagsisimula na namang tumulo ang mga luha nya at nakaramdam lalo ako ng awa para sa kanya. **"T-This is not e-easy for me, but I w-want you to know the truth.."**

"R-Randall.. w-why are you doing this?" salubong ang kilay na tanong ko.

"Because I feel like I need to do this.. kailangan kong gawin 'to dahil mas nasasaktan ako hangga't hindi ko nasasabi sayo ang tunay na

nararamdaman ko.. Pein, I want you back in my life.. I want you.. I need you.. I love you.. W-Walang nagbago sa nararamdaman ko.."

"P-Pero pano ang nararamdaman ko?" kunot-noong tanong ko.

Umaasa akong sa mga kilos ko ay mararamdaman nya ang mga bagay na gusto kong iparating..

"A-Alam kong mahal mo pa rin ako.. sigurado akong.. ako pa rin ang nandyan sa puso mo.. d-dahil higit pa sa pagmamahal na inaasahan ko ang pagmamahal na ipinaramdam mo sakin---"

"Nagbabago ang nararamdaman, Randall.." kunwaring nakangiti pang sabi ko at natigilan sya.

"P-Pero hindi ang nararamdaman mo di ba???" umaasang tanong nya.

Para akong nanlulumo sa mga naririnig ko..

Hindi ako makapaniwala sa mga naririnig ko at mas hindi ako makapaniwalang mangyayari 'to ngayon..

Nanghina ang mga tuhod ko pero pinilit kong kumuha ng lakas at muling tumitig sa kanya..

Kitang kita ko ang pangingilid ng mga luha sa mga mata ko habang nakatitig sa kanya..

"R-Randall.." bahagyang usal ko pa. **"H-Hindi ko talaga----"** lumunok pa ako nung maramdaman kong parang pipiyok ang boses ko.. Bahagya akong lumunok at saka muling nagsalita.. **"H-Hindi ko talaga inaasahang m-maririnig ko l-lahat 'to ngayon pero.."** inisip ko pang maigi ang mga bagay na gusto kong isunod sa huling sinabi ko. Pinigilan ko pa ang mga luhang nagbabadyang tumulo mula sa mga mata ko. **"..h-hindi na tulad ng dati ang nararamdaman ko.."** pigil ang hiningang dagdag ko pa at nanlaki naman ang mga mata nya dahil sa sinabi ko.

Kitang kita ko ang panghihinayang sa mga mata nya at ang pagbagsak ng mga balikat nya kasabay ng panlalambot ng mga tuhod nya dahilan para mapahawak sya sa hawakan ng hagdan..

Bahagya syang napahawak sa noo nya at iniiwas ang paningin sakin!

Tumalikod sya at alam kong pinunasan nya ang mga luha sa mga mata nya..

Nakaramdam ako ng awa sa kanya munit lamang ang maluwag na pakiramdam na naidulot nun sa loob loob ko..

Muli syang humarap sakin at sa mga oras na 'to ay nagsisimula na syang humikbi habang sunod sunod na naman ang mga luhang tumutulo sa mga

mata nya..

"M-Maxpein.." tanging naiusal nya lang.

"I m-might not have wanted to move on from you.. b-but I thought that it was the b-best thing that I could've done.. t-that's why n-now.. e-everything is going in to its place... R-Randall.. I-I'm no longer in love with you.." dagdag ko pa habang nakatingin ng deretso sa mga mata nya.

"P-Please d-don't say that.. m-mag-isip ka muna.. pag-isipan mong mabuti---"

"R-Randall.. malito man ako sa nararamdaman ko ngayon hinding hindi ako malilito sa kung ano ng estado ng nararamdaman ko sayo.." deretsong sagot ko.

"B-But you said it before, that you miss me??"

"I miss you.. yes.. But that doesn't mean that I want you back.." huminga ulit ako ng malalim nung maramdaman ko ang luhang papatak na talaga sa mga mata ko. **"R-Randall.. I-I'm sorry.."** napakuyumos pa ako sa mga kamay ko. **"I-I'm very sorry pero sa tingin ko ngayon alam ko na kung bakit hindi na kita ipinaglaban pa kahit may nakikita akong pag-asa.. because I believe that everything you did.. makes sense with her.."**

"N-No.." mahinang pakiusap nya. **"N-No, Maxpein.. no please.. please don't say that.. Please.."**

"Randall.. A-Ayokong saktan ka.. God knows how and what I'm feeling right now---ayoko'ng saktan ka.. But.. I'm in a relationship, already.. We are both in a relationship.." huminga ulit ako ng malalim habang nagpipigil ng galit na unti-unting nangingibabaw sa dibdib ko. **"S-Sana nung u-una palang.. inisip mo na yan.. Sana naisip mo na yan at sana naramdaman mo na rin yan.. K-Kasi kung nalaman ko agad y-yang mga yan.. kahit naging ganon kasakit sakin yung ginawa mo.. m-malilimutan ko yun.. Kasi ganon kita kamahal non e.."**

"P-Pein.."

"S-Sa ngayon kasi.. Randall, wala nakong maramdaman sayo.." prangkang usal ko at nagsunod sunod naman ang pagtulo ng mga luha'ng nagmumula sa mata nya. **"At hindi ko maintindihan kung bakit kailangan mo pa'ng gawin lahat 'to---bakit kailangang gawin mo pa kay Dein yung ginawa mo sakin noon!"** hindi ko na mapigilan ang sarili kong ilabas ang galit na nararamdaman ko! **"Alam mo ba kung gano kasakit yung pinagdaanan ko noon?? Halos hilingin kong mamatay na**

lang basta.. Parang araw-araw akong pinapatay sa lungkot.. Gusto'ng gusto kitang makita pero mas hindi ko kakayanin kung ipagtatabuyan mo lang ako palayo sayo.. Gusto kitang makasama pero meron ka ng iba---"

"P-Pein, please stop.."

"S-Sinasabi ko sayo.. nakakatrauma.. Nakakatrauma yung mahalin ka ng sobra tapos sasaktan ka lang sa huli.. kasi hindi ikaw yung tao'ng inasahan kong gagawa sakin nun e.. H-Hindi ko matanggap na yung tao'ng ipinaglalaban ko--tatalikuran ako ng ganon ganon lang.." sunod sunod ang pagluhang usal ko. Huminga ako ng malalim at kasabay nun ay ang paghinto ng mga luha sa mga mata ko. **"K-Kaya ako na ang nakikiusap sayo.. W-Wag mo hayaang maulit yung nangyari sakin.. satin.. K-Kung ako ang tatanongin mo.. a-alam ko at nakakasiguro akong hindi na ako ang mahal mo. Nagkakaganyan ka lang dahil sa guilt na nararamdaman mo sa ginawa mo sakin noon.. dahil hindi mo na nakikita sakin yung dating ako bago mo ako masaktan.. Ibang Maxpein ang nakikita mo sa harap mo at malayo'ng malayo sa Maxpein na masigla'ng nakilala mo.. At nagkakaganyan ka dahil iniisip mong ganito ako.. dahil sayo.. Kaya sasabihin ko na sayo ngayon.."** huminga pa ako ng malalim. **"Hindi nako babalik sa dati.. sa dating ako na nakilala mo.. Dahil..kung ano man ako ngayon, yun ay resulta nung pinagdaanan ko.. Labas ka na dito.."** mangilid ngilid pa rin ang luhang usal ko at hihikbi hikbi namang nanahimik sya sa tabi.

Pakiramdam ko ay nakahinga ako ng maluwag.

Nawalan ako ng tinik.

Nagkaron ng kaunting lakas.

"P-Pein, I'm so sorry.." umiiyak pa ring usal nya.

"You don't have to be sorry, you're forgiven.." mahinang usal ko pa at tumingin naman sya ng deretso sa mga mata ko na animong pilit pang binabasa yun. **"And I want you to do me a favor.."** dagdag ko at animong nagliwanag muli ang mukha nya.

"A-Anything.. I-I'll do anything.." parang nakikiusap pang tugon nya kaya naman sumeryoso ako.

"Wag ka na munang lumapit sakin.. A-Ayaw ni Deib nang nakikita tayong dalawa ng magkasama.. at naiintindihan ko sya, naiintindihan kong nagseselos sya at dahil boyfriend ko sya, mas may karapatan syang magselos.. Kaya, makikiusap ako sayo.. Sana sa susunod na

pupunta ka dito.. aksidente na lang sanang magkita tayo.. wag na yung ako talaga ang ipinunta mo.. Hindi na rin ako natutuwa sa ginagawa mo.. para sakin ay nagsasayang ka na lang ng oras kakalapit sakin--- ano man ang dahilan mo.. Uulitin ko, wag ka na munang lumapit sakin.. dahil mas ayaw kong masaktan ko sya.. Dahil kapag nakikita kong nasasaktan si Deib sa twing magseselos sya sayo--mas nasasaktan ako---"

"Pein.."

"Mahal ko na si Deib.. At mas minamahal ko pa sya ng higit sa inaasahan ko.." seryosong sambit ko at saka ako naglakad pababa.

Laking pasasalamat ko dahil sa itinagal tagal naming nag-usap ni Randall sa pwesto'ng yun ay ngayon ko palang nakakasalubong ang sunod sunod na nagsisipag-akyatang estudyante!

Doon unti-unting lumabas ang kaba sa dibdib ko..

Mabilis akong sumingit sa mga naglalakad na mga students paakyat para makababa ako papunta sa Canteen..

Pero pagdating ko doon ay wala ng tao..

Nasan na sila??

Hindi ko maipaliwanag ang mabilis na tibok ng puso ko..

Nakaramdam ako ng matinding kaba..

Kailangan kitang makita.. nasan ka?!

Mabilis akong naglakad papunta sa locker..

"Max!"

Kumalma ako ng bahagya nung marinig ko ang boses ni Naih.

"N-Naih.." naiusal ko pa nung hindi ko makita si Sensui sa grupo nila.

"San ka galing??" tanong pa ni Naih.

"Si D-Deib??" tanong ko agad.

"San ka galing??" takang ulit nya pa.

"G-Galing ako sa Canteen.. wala na kayo, nasan si Deib??"

"Inakyat ka nya ah?? Akala ko naman magkasama na kayo??"

Mas bumulis ang tibok ng puso ko sa sinabi nya!

"Oo nga, Max?? Kala namin magkasama na kayo.. Itinake-out na nga lang namin 'tong food na in-order ni Deib para sa inyo kasi hindi na sya bumalik.." dagdag pa ni Michiko pero hindi ko na magawang magreact!

Mabilis akong tumakbo paakyat sa room namin!

Badtrip naman oh! Sana wala syang narinig na kahit na ano!

Sobrang bilis ng tibok ng puso ko!

Hindi ko maipaliwanag kung sa kung anong dahilan!

Ang alam ko lang ay sobrang bilis ng tibok ng puso ko at..

Natatakot ako..

DEIB'S POV

Sana hindi ko na lang narinig.. Sana wala na lang akong narinig.. Sana hindi na lang kita pinuntahan.. Sana hindi na lang ako nagmatigas..

Ramdam na ramdam ko sa dibdib ko ang dahan dahang tusok na nagdudulot ng sakit..

Hindi ko maipaliwanag ang sakit na nararamdaman ko..

Gusto kong magwala sa galit!

Gusto kong ilabas lahat ng nararamdaman ko!

Pero hindi ko alam kung pano!

Wala akong maisip na paraan para mawala lahat ng nararamdaman ko..

Sana matanggal na lang ang puso ko ngayon.. Ngayon na mismo!

Hindi ko maiwasang mapahikbi sa twing mapapaisip ako..

Para akong batang inagawan ng laruan sa paraan ng pag-iyak ko..

Mag-isa at wala sa sariling umiiyak sa loob ng kotse..

Pakiramdam ko ay wala akong kasama sa buong lugar na yun kahit na may mangilan ngilang Kolehiyo'ng naglalakad sa labas ng kotse ko..

~KNOCK! KNOCK!~

Mabilis kong pinahid ang mga luha sa mga mata ko kahit na batid kong walang makakakita sakin sa loob ng kotse ko..

Dali dali kong kinuha ang shades ko bago ko pa man lingunin ang bintana ko para alamin kung sino ang kumatok don..

Pero hindi ko napigilan ang mabigla nung makita ko kung sino yun..

K-Kim..

Napaisip pa ako at buntong-hininga bago ko tuluyang binuksan ang bintana ko..

"K-Kim.." naiusal ko pa.

Kalmado ako dahil alam kong hindi nya nakikita ang mga mata ko..

Sa ganon paraan.. hindi nya makikita ang nararamdaman ko..

"Are you okay, Deib??"

Napalunok ako sa tanong nyang yun..

Bakas na bakas sa tono ng pagtatanong nya ang *PAG-AALALA*..

Pano nya nalaman??

Pano nya naramdaman??

Kung hindi nya naramdaman.. bakit sya nagtatanong ng ganyan?!

"O-Of course, I'm okay.." pagsisinungaling ko.

"No you're not.."

WTF is wrong with these people!

Bigla akong nakaramdam ng inis!

'Yung mga tao'ng inaasahn mong makaramdam ay nagiging manhid at yung mga tao'ng hindi mo inaasahang makaramdam pa ang nagiging sensitibo sa nararamdaman mo!'

"K-Kim, I'm okay---"

"I saw you running away.. what's wrong?? Deib??"

Hindi ako nakasagot..

Naiwan akong bahagyang nakanganga habang nakaharap ang mukha sa kanya.

At ang sumunod na nangyari ay hindi ko inaasahan..

Bigla nyang inalis ang shades ko at huli na para makaiwas ako..

Tuluyan nya ng nakuha ang shades na suot ko..

"Are you crying??" nag-aalalang tanong nya pero hindi ko sya sinagot. Umasta akong aagawin ang shades sa kanya.

"Akina yan.." usal ko pa pero inilayo nya lalo yun!

"Are you crying?!"

"Give it to me.." pigil ang inis na pakiusap ko pa habang nasa kamay nya ang paningin ko.

"What happened to you?"

"I said, give it back.."

"No! I'm not giving it back unless you tell me what happened to you---"

"Wala kang pakialam, okay?!" inis na sagot ko na tumingin ng deretso sa kanya! **"Give it to me!"**

"No.." pagmamatigas nya at napapikit ako sa inis!

Saka ako bumuntong-hininga!

"Get in.." pormal na utos ko pa at kita ko sa gilid ng paningin ko ang pagkagulat nya kahit pa wala sa mga mata nya ang paningin ko.

"D-Deib.."

"I said, get in.." utos ko pa at saglit pa muna syang natigilan bago sya sumunod sakin.

Ini-start ko ang kotse ko at pagkasakay na pagkasakay nya ay mabilis kong pinaharurot yon!

"D-Deib! Ano ba?! M-Masyado kang mabilis----please stop the car!" sigaw nya sakin pero hindi ko sya pinansin! **"D-Deib, please!"**

"Shut up, Kim.." pormal na pakiusap ko.

"No! I said, stop the car! Now!" sigaw na naman nya pero hindi ko sya lalo pinansin! **"Deib! Ano ka ba! Ano bang nangyayari sayo! Please! Stop the car now! Or I'll call your parents!"**

Hindi ko sya pinansin at padabog na hinampas ko ang music player!

♫ ♪ *'Just hang around and you'll see--there's nowhere I'd rather be.. If you love me, trust in me.. the way that I... trust in you...----'* ♪ ♫

~BLAG!~

PINATAY KO ANG MUSIC PLAYER!

"Deib! Please!!! Natatakot na ako!!!" sigaw pa ni Kim!

Kaya naman binagalan ko ang pagmamaneho..

If you love me, trust in me.. the way that I.. trust in you..

If you love me, trust in me.. the way that I.. trust in you..

Pinigilan ko ang paghikbi at pilit na pinapahid ang mga luhang namumuo sa mga mata ko..

What do you know about trust!!! Damn that trust!!!! To hell with trust!!!!

"D-Deib.." nagmamakaawang tawag pa sakin ni Kim.

"Just stay w-with me.." nakikiusap ang tonong bulong ko pa. **"J-Just stay with me.. kahit ngayon l-lang.. stay with me.."**

"D-Deib.."

Hindi na ako nagsalita at nagtuloy na lang sa pagmamaneho..

Hanggang sa makarating kami sa bahay..

"D-Deib.. w-what are we doing here??" nag-aalalang tanong pa ni Kim.

"I don't know.." mahinang sagot ko.

"D-Deib.. please, tell me what happened??"

Sumandal ako sa kinauupuan ko at bahagyang itiningala ang ulo ko..

Ramdam ko pa rin ang mabilis na pagdaloy ng luha paakyat sa mga mata ko at lahat ng yun ay nagbabadyang tumulo oras na magsalita ko..

Ultimong ang pag-iisip ay nagdadala ng luha sa mga mata ko..

At ramdam na ramdam ko sa puso ko ang sakit na nararamdaman ko..

Nanghihina ang katawan ko at konting linga ng ulo ko ay bumabagsak ito..

Why do you have to be this painful??

Do you really have to hurt me this much??

Nanginginig ang labi ko sa pagpipigil ko ng luha at pakiramdam ko ay hahagulgol ako ng iyak kapag pinilit kong suminghap ng hangin mula sa bibig ko..

Tahimik akong umiyak sa loob loob ko..

KIM'S POV

Yung makita syang nasasaktan ngayon sa harap ko ay parang nasasaktan rin ako..

No.. Nasasaktan talaga ako..

Hindi ko maintindihan kung bakit ganito na lang ang pag-aalalang nararamdaman ko.. mula pa nung makita ko syang nagmamadaling tumakbo palabas.. Hanggang sa masundan ko sya ay mas tumindi pa ang pag-aalalang nararamdaman ko..

Hindi ko alam kung anong dahilan..

Pero sigurado akong matindi yun dahil ako mismo ay ramdam ko ang sakit na nararamdaman nya..

"D-Deib, please t-tell me what happened?? I-I'm here to listen.." pakiusap ko at parang batang ngumuso pa sya habang nagpipigil ng luha nya..

Hindi ko kilala ang Deib na 'to ngayon sa harap ko..

Hindi ko pa sya kailanman nakitang ganito masaktan..

Hindi ko pa sya kailanman nakitang ganito kalungkot..

At ngayon nya lang naiparamdam sakin kung paano syang malungkot at masaktan..

Bagay na hindi ko naman hiniling na makita..

Pero bakit kailangang makita kitang ganito ngayon??

"D-Deib.." usal ko pa at dahan dahan nyang inilingon ang ulo nya sa gawi ko.

Pabagsak nyang iniharap ang mukha nya sakin na animong walang wala syang lakas!

Bahagya pa akong nagulat sa iniasta nya at sa itsura nya dahil ibang iba ang Deib na 'to ngayon sa harap ko!

LUHAAN SYA!!!

At nasasaktan akong makita sya sa ganitong sitwasyon!!!

"D-Deib.."

"B-Bakit ganon kadali para sa inyong saktan ako??"

Hindi ako nakasagot agad!

Natigilan ako at mabilis na ngilid ang mga luha ko!

Bumilis ang tibok ng puso ko at parang mapapatid ang hininga ko!

Hindi ko inaasahan ang naging tanong nya at hindi ko kayang titigan ang itsura nya!

Sunod sunod ang pagpatak ng mga luha mula sa mga mata nya at nanginginig ang mga labi nya sa sobrang pagpipigil ng luha!

"D-Deib.." muling tawag ko sa kanya pero napahawak sya sa mga mata nya at pilit na tinuyo sa mga dali nya ang mga luhang namumuo'ng muli sa mga mata nya**. "P-Please don't say that---"**

"Nasasaktan ako.." pigil ang iyak na usal nya na lumalabas rin naman sa twing kukuha sya ng hininga. **"N-Nasasaktan ako at w-wala akong makitang paraan para mawala 'to---gusto kong mawala 'to, KIm.. A-Ang sakit sakit..."** pahina ng pahinang usal nya pa habang yumuyuko at parang bata na namang nagpunas ng luha nya gamit ang palad nya.

"D-Deib, s-sabihin mo sakin ano bang nangyari??" tanong ko pa ulit pero umiling sya. Sunod sunod na iling ang ginawa nya.

"K-Kahit sabihin ko sayo---hindi magbabago ang nararamdaman ko.." mahinang bulong nya pa.

"D-Deib.. H-Hindi ko alam kung anong sasabihin sayo kung hindi mo s-sasabihin sakin kung anong n-nangyari sayo---"

"Just stay.. y-you don't have to say anything--just stay.." maawtoridad na utos nya at natigilan naman ako.

"D-Dahil ba kay M-Max??" utal pang tanong ko at biglang nawala ang emosyon sa mukha nya.

Tumigil ang pagpatak ng luha sa mga mata nya at sumeryoso bigla ang mukha nya.

"D-Deib??" tawag ko pa ulit sa kanya. **"Is it because of Ma---"**

"D-Don't.." pigil nya sakin at natigilan naman ako ng tuluyan. **"K-Kahit ngayon lang.. a-ayokong marinig y-yang p-pangalan na yan.."** maluha luha na namang usal nya at hindi ko naman maipaliwanag ang matinding kabang naramdaman ko.

Anong ginawa nya!? Anong nangyari sa kanila?!

Andami dami kong gustong malaman!

Andami kong gustong itanong!

Andaming namumuong tanong sa isip ko pero alinman don ay hindi masasagot kung mananatili syang ganyan!

HIndi ko lalo maintindihan ang halu-halo'ng emosyong nararamdaman ko!

Nakakaramdam ako ng awa para kay Deib dahil sa itsura nya ngayon!

Nakakaramdam ako ng pag-aalala dahil sa sobrang sakit na nararamdaman nya ngayon!

Nakakaramdam ako ng galit dahil ngayon ko lang nakitang ganito ang isang Deib Lohr Enrile sa harap ko!

What the heck did you do to him!!!

"D-Deib.. b-baka pwede nating pag-usapan---"

"Ayokong pag-usapan, Kim!" inis na sagot nya at natigilan na naman ako! Salubong ang mga kilay na humarap sya sakin at bahagya pa akong napaatras nung makita ko yun! **"Nakita mo ng nasasaktan ako---pag-uusapan pa?! Torture ka rin e no?!"** sarkastikong tanong nya pa at napalunok naman ako sa kaba!

Tumitig sya sa kabuuan ng mukha ko munit bakas pa rin sa mukha nya ang galit na nararamdaman ko sa kanya..

"Mahal mo ko, di ba??"

Tama ba yung narinig ko?! Tinanong nya ako?! Kung mahal ko sya?!

Lalong bumilis ang tibok ng puso ko at hindi ko malaman kung anong mararamdaman ko!

Pilit kong inaayos ang sarili ko at inaalam sa loob loob ko kung tama ba yung narinig ko!

"Answer me!" sigaw nya pa kaya naman natauhan ako!

"W-Why are you asking me this??"

"Mahal mo ba ako?!"

"D-Deib.."

"Huling tanong.." walang emosyong ulit nya pa. **"Mahal.. mo.. ba.. ako??"**

"Y-Yes.." mahinang sagot ko.

"Ikaw na ang girlfriend ko simula ngayon.."

TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!

"D-Deib.." naisagot ko lang.

"Never ask me anything.. never demand for something.. Just stay by my side--"

"Ano bang sinasabi mo?!" galit na tanong ko at nilingon nya naman ako!

Mas blangko pa sa blangko ang emosyong nakikita ko sa mukha nya!

Wala akong maramdamang emosyong nagmumula sa kanya!

Galit, inis, tuwa, lungkot, saya----WALA MASKI ISA!!!

"Okay then, isipin mo na lang na wala akong sinabi.." malamig na sambit nya pa at saka muling lumingon sa harapan.

"D-Deib.."

"Get out---"

"Deib!"

"I said, get out---"

"Fine! Fine! P-Payag nako---girlfriend m-mo n-nako.." napipilitang sagot ko at ngumisi naman sya na parang nakakaloko.

"Go inside.." utos nya pa na isinenyas ang bahay nila kaya mas nagulat ako!

"W-What?!"

"Go.. inside.." parang nauubusan pa ng pasensyang ulit nya kaya naman nung makarecover ako sa pagkabigla ay dali dali akong kumilos at bumaba.

Agad syang bumaba at nangunang maglakad papasok ng bahay nila!

Wala sa sariling pinanood ko na lang ang bawat kilos nya!

"I'm home!" malakas na sabi nya pa at saka pabagsak na naupo sa sofa!

Isinandal nya ang likod nya at saka ipinatok ang batok nya sa sandalan ng couch nila!

I can't believe this..

"Baby??"

Napalingon ako tagiliran ko at mula sa kusina ay lumabas ang Mommy ni Deib!

"K-Kim??" gulat pang tawag sakin ni Tita! Kaya naman dali dali akong tumango sa kanya!

"G-Good afternoon po.." nahihiyang bati ko pa sa kanya at tinanguan naman agad ako ni Tita.. Bahagya nya pa akong hinaplos sa braso at saka sinilip pa muna si Deib bago ito tuluyang lapitan! Wala man lang nagbago sa posisyon nya!

"D-Deib?? Anak??" tawag pa sa kanya ni Tita nung tuluyang makalapit 'to sa kanya.

Dahan dahang bumukas ang mga mata ni Deib pero sa kisame agad tumama ang paningin nya at hindi nya na inalis yun don!

"Her name is Kim.. Kimeniah Sirvey Gozon.. She's my girlfriend now.."

Nanlaki ang mga mata ko sa sinabi ni Deib at ganon na rin si Tita! Gulat akong nilingon pa ni Tita at saka gulat na tumingin kay Deib! Ramdam kong hindi nya alam ang sasabihin nya dahil paniguradong ayaw nyang

mapahiya ako! Pero mas nagulat pa kami nung biglang tumayo si Deib at hawakan ako sa braso!

"Samahan mo kong matulog.." madiing utos nya pa!

"D-Deib.."

"Magpapahinga muna ako, Mommy.. Sasamahan ako ni Kim sa kwarto ko.." malamig na sambit pa ni Deib at saka tuluyang hinila ako paakyat sa hagdan! Nilingon ko pa ang Mommy nya at nandon pa rin ang pagkagulat sa mukha nya! Bakas sa mukha nya'ng hindi sya makapaniwala sa mga nakikita nya at naguguluha rin sya! Nananatiling nakay Deib ang paningin nya hanggang sa tuluyan kaming makapasok sa kwarto ni Deib!

"Dito ang kwarto ko.." sabi pa ni Deib na bigla na lang akong binitiwan pagkapasok doon!

~KLAK!~

Napatingin pa ako sa doorknob nung marinig ko ang paglock nya doon!

"D-Deib.. A-Anong gagawin natin dito??" kabado pang tanong ko at tumingin naman sya sakin ng deretso! Wala pa ring emosyon ang mukha nya at nakakatakot ang pagiging COLD nya!

"Mahal mo ko, di ba?? Bakit di ka na lang matuwa, kasi kasama mo ko?? Wag ka ng masyadong matanong.." sabi nya pa at saka hinubad ng mabilis ang sapatos, medyas at polo nya! **"Feel at home.. do whatever you want.. Just don't come near me, while I'm sleeping.."** sabi nya at saka hinugot sa bulsa ang cellphone nya at pinatay yun! **"Don't touch this thing.."** sabi nya pa at saka ibinato sa kama ang cellphone nya at pabagsak na inihiga ang katawan nya sa kama!

If I'm dreaming---please I wanna wake up now!

~PAK! PAK!~

Bahagya ko pang sinampal ang sarili ko dahil nagbabakasakaling natutulog nga ako pero HINDI!

Gising na gising ako at alam ko ang nakikita ko!

Alam ko ang nangyayari sa harap ko!

Bakit kailangang mangyari 'to?!

Masyadong mabilis ang mga nangyayari ngayon sa harap ko!

MAX'S POV

Halos kinse minuto ko ng hinahanap si Deib pero hindi ko talaga sya makita sa mga posibleng lugar na puntahan nya dito sa school!!!!

Isa na lang talaga.. isa na lang.. Parking Lot na lang..

Nakaramdam ako ng pag-asa nung mapalapit ako sa Parking Lot..

'Please.. sana makita kita.. Kailangan kitang makita.. Nasan ka na ba??'

"Student, hindi ka pwedeng lumabas.." panghaharang agad sakin nung guard at tumingin naman ako ng may pakiusap sa kanya.

"M-Manong may sisilipin lang akong kotse.. Hindi ako lalabas, promise, babalik ako.."

"Sige.. hanggang dito ka lang.." sabi nya pa na lumabas ng gate at itinuro ang harap nya.

Kaya naman mabilis akong lumabas doon at tinanaw ang parking space ni Sensui.

Parang nagblink pa ang parking space nya sa paningin ko nung makita ko doon na WALA ANG KOTSE NYA!

Nasan ka na ba!!

Bumilis ang tiok ng puso ko!

Nilingon ko nalang ang guard at saka ako muling pumasok!

Mabilis kong kinuha ang cellphone ko at idinial ang number ni Sensui!

"The number you have dialled is our of coverage area.. please try your call later.."

Demmit!

"The number you have dialled is our of coverage area.. please try your call later.."

Gusto kong ibato ang cellphone ko sa inis!!!

Pero biglang nagring yun kaya naman dali dali kong tinignan ang screen ko!

~Naih Calling. . . .~

Bumagsak ang mga balikat ko nung makitang hindi si Sensui ang tumatawag!

"Oh!?" inis pang sagot ko ng tawag nito.

"Ano?! Nakita mo na ba sya?!"

"Hindi.." napapabuntong-hiningang sagot ko.

"Pumasok ka na muna.. baka nagka-emergency lang yun.. Hinahanap ka ni Miss dito... hindi na epektib pagpapalusot ko.."

"S-Sige.." walang ganang sabi ko pa at saka ibinaba ang linya at patakbong bumalik sa classroom.

"Okay, Mr. Talucod, can you give me an example of fear??" tanong pa nung Lec na kahit anong pilit kong pakinggan ay hindi ko magawa kaiisip kay Sensui!

"Fear of heights, Miss.." sagot ni BJ.

"Very good.. So, class.. Is Phobia a type of Fear??" tanong pa ni Miss.

"Yeeeesss.."

"How about Shock?? Is shock a type of fear??"

Walang sumagot..

"Anyone??" nakataas pa ang kanang kamay na tanong ni Miss pero walang nagtaas ng kamay. "Miss Del Valle---"

"Not now, Miss.." pigil ko sa kanya at bumalatay naman ang pagkagulat sa mukha nya.

"E-Excuse me, Miss Del Valle?"

"I'm in the mood to recite now---please call somebody else.." pakiusap ko pa at gulat na gulat syang napatingin sakin!

Nakahinga lang ako ng maluwag nung iiwas nya ang paningin nya sakin at nagsimulang tumawag ng iba!

Isang oras lang ang klase namin pero pakiramdam ko ay sobrang haba nun!

Kating kati na ang mga paa kong umuwi!

Kaya naman nung magring ang bell...

~RIIIIIIIIINNGGG!!!~

"That's all for today, I'll see you again tomorrow. Okay, Class dismi---"

Hindi ko na nagawang tapusin ang sasabihin ni Miss at dali dali na akong tumakbo palabas ng room!!

"Max!!!" dinig ko pang habol sakin ni Naih pero hindi ko na sya pinansin at nagmadali akong tumakbo papunta sa room nila Sensui!

Sana nandon na sya!!

Ang kaninang sobrang panghihina ko ay napalitan ng lakas! Pakiramdam ko ay napakarami kong nakareserbang lakas at enerhiya para hanapin at makasama si Sensui ngayon!

Kabadong napahinto ako sa harap ng room nila Sensui at isa-isang pinanood ang mga estudyanteng lumalabas! Nung hindi ko makita si Sensui sa mga iyon ay saka ako naglakad papunta sa kabilang dulo ng room nila para makita ang upuan nya! Pero wala akong nakita---bukod kina Lee at Tob! Lalong bumilis ang tibok ng puso ko at nakaramdam ako muli ng panlulumo!

"T-Tob.." tawag pansin ko pa at agad naman akong nilingon nito.

"M-Max.."

"Wala talaga si Deib??" nag-aalalang tanong ko pa at nalungkot naman sya agad.

"W-Wala nga e.. h-hindi ko alam kung saan nagpunta.." malungkot na sagot ni Tob.

"Tinatawagan namin sya kanina pero hindi nya sinasagot---ngayon, naka-off na ang cellphone nya.." sabat ni Lee kaya naman mas kinabahan ako.

"N-Nagpunta ako sa Parking Lot kanina, w-wala yung kotse nya.." mahinang kwento ko at bumakas ang pag-aalala sa mga mukha nila.

"S-San naman kaya nagsuot yun?" nag-aalalang tanong pa ni Tob.

"N-Nag-away ba kayo??" si Lee.

"H-Hindi.." iiling-iling na sagot ko. Pilit kong inalala yung pag-uusap na ginawa namin ni Randall kanina, at tandang tanda ko ang pailid at nakakasiguro akong walang tao don!

"B-Baka naman may emergency nga lang si Deib??" pag-uulit ni Tob, ang totoo ay paulit-ulit na nilang sinasabi sakin kanina yan pero hindi ko pa rin talaga maiwasang mag-alala, lalo na't hindi sya nagsabi kanino man samin..

May narinig kaya sya??

Sabay sabay na kaming bumaba nila Lee at Tob papunta sa locker at pagdating doon ay sabay sabay na rin kaming nagpalit ng gamit..

Pero pagdating sa Parking Lot ay nasa akin ang atensyon nilang lahat..

"Ihahatid na kita, Max.." si Lee, nilingon ko naman sya at saka pilit na nginitian.

"H-Hindi na.. dito na muna ako.." mahinang sagot ko pa.

"M-Max.." si Naih.

"D-Dito na muna ako, Naih.. Hihintayin ko si Deib.. b-baka kasi mag-alala yun kapag hindi nya ako nakita pagbalik nya.." mahinang sagot ko at bumakas naman ang pag-aalala at lungkot sa mga mukha nila.

"E pano kung hindi bumalik ang Deib, teh?!" si Migz.

"B-Babalik yun.. k-kapag sinabi nyang ihahatid nya ako.. i-ihahatid nya ako.." sagot ko.

"E h-hindi nga sinasagot ang tawag mo teh.."

"Oo nga, at s-saka baka may emergency nga?? H-Hindi nga nagawang magpaalam e?? Baka h-hindi ka na rin mabalikan, teh.. sumabay ka na kila Lee, para maihatid ka na rin.. Maiiwan ka mag-isa dito oh??" si BJ. Hindi ko naman sya sinagot.

"Kung gusto mo, Max.. s-sasamahan ka muna namin.." si Tob.

"Oo nga, okay lang sakin..." si Michiko.

"Hindi na.." pilit ang ngiting sagot ko.

"Pero Max.. b-baka mapano ka dito!??" nag-aalalang sabi ni Tob kaya naman mas nginitian ko pa sya.

"Ako pa ba ang dapat matakot dyan, Tob??" nakangisi kunwaring tanong ko.

"M-Max naman e.." si Naih. **"W-Wag ka namang ganyan.. b-baka may emergency lang yun si Deib.. sumabay ka na samin.. ayokong iwan ka dito mag-isa--"**

"Naih.. sinabi ko na sayo kung bakit ako pumasok ngayon di ba?? Gusto kong makita si Deib.. At sinabi nya sakin kanina, bago kami maghiwalay na ihahatid nya ako pauwi.. H-Hindi pa sya s-sumuway sa usapan namin k-kaya alam kong babalik sya.."

"A-Ano bang nangyayari sayo??" nag-aalala paring tanong ni Naih.

Napapikit pa ako at saka pilit na kinalma ang sarili ko..

"M-Max kasi.. h-hindi mo naman kailangang hintayin sya dito dahil maiintindihan nya naman kung isasabay ka na namin ni Lee pauwi--- Max, may sakit ka pa! Wag ka namang ganyan please?!"

"Please rin, Naih.. Nakikiusap ako sayo.. k-kahit ngayon lang.." pigil ang luhang pakiusap ko. **"N-Ngayon ko lang hihintayin.. ilang beses ko na syang pinaghintay nung nakaraan---ako naman ang m-maghihintay ako sa kanya ngayon.. Kaya kung okay lang.. s-sige na, iwan nyo na ko.. Kaya ko ang sarili ko.."** mariing pakiusap ko pa.

"M-Max.."

"Please.." seryosong dagdag ko pa at pare-pareho na lang silang napabuntong-hininga.

"T-Tawagan mo ko.." pigil ang inis pang usal ni Naih at saka sinenyasan ang mga kasama naming umalis na.

"M-Mauna na kami, Max.." si Tob. **"T-Tatawagan kita once na makausap ko si Deib.."**

"Salamat.." sagot ko.

"Ingat ka dyan, Max.." si Michiko.

"Tawag tawagan mo kami teh ah?!" si Migz.

"Or text, teh.." si BJ.

"Okay lang ako sabi.." dagdag ko pa.

"Max.. please be safe.." si Lee.

Hindi ko na sila tinignan pa at naupo na ako sa isang malaking tipak ng bato na nasa ilalim ng mga puno..

Sa mismong pwesto kung saan ako hinintay ni Deib dito nung nakaraan..

Muli kong kinuha ang cellphone ko at idinial ang number nya pero naka-off pa rin..

Sana naman walang nangyari'ng masama sa kanya..

Hindi ko maintindihan ang mga nangingilid na luha sa mga mata ko..

Wala naman akong dapat ikatakot ah?? Bakit kailangang makaramdam ako ng ganito???

Kailangan kong aminin sa sarili ko..

Bukod sa pag-aalala ay natatakot ako.. TAKOT na hindi ko maintindihan kung bakit ko biglang naramdaman..

Kung narinig nya man ang usapan namin ni Randall.. w-wala akong makitang dahilan para magalit sya.. Dahil lahat ng sinasabi ko kay Randall ay puro katotohanan.. K-Kung marinig man nya yun ay paniguradong ikatutuwa nya pa..

Pilit kong pinakalma ang sarili ko..

Sana nga, may emergency lang.. Sana ay okay lang sya..

Hihintayin kita dito.. kahit anong mangyari.. hihintayin kita.. Dahil alam kong dadating ka..

Napabuntong-hininga pa ako sa isiping yun..

At saka tinanaw ang kanto papasok ng BIS at umaasang ang susunod na sasakyang makikita kong papasok doon ay...

Ang taong mahal ko..

OceanofPDF.com

CHAPTER 141

NAIH'S POV

"Sweetheart," tinawag ko si Lee habang tinatahan namin ang daan pauwi, nilingon niya naman ako. **"Hindi ba talaga nabanggit ni Deib kung saan ang punta niya? Nag-aalala na rin kasi ako, eh."**

"Hindi, eh, nagtaka na nga lang din ako dahil hindi na siya bumalik. Ayos naman tayo sa canteen kanina, 'di ba? Ang sabi niya ay susunduin niya si Max 'tapos hindi naman na siya bumalik. Nalilito rin ako."

"Ano kaya ang nangyari? Nakapagtataka lang kasi na doon sa canteen ay walang bukam-bibig si Sensui kung hindi si Max! Max! Max! Puro siya Max! Hindi makakain nang wala si Max! Hindi makahinga nang wala si Max! Gusto niya ay puro Max! Nang sunduin naman niya si Max ay akala mo siya kinuha nang engkanto ay nag-disappear siya bigla! Anong trip 'yon? Tsk!"

"Nalilito rin ako kung bakit biglang nagkagano'n. Ang iniisip ko ay may emergency lang si Deib."

"Eh, ang kaso kung may emergency nga siya--ano ba naman 'yong tumawag siya kahit na sabihin lang niyang may emergency siya tapos kahit 'wag na siyang tumawag for life! Hindi 'yong ganitong pare-pareho tayong nakanganga--Deib! Deib! Nasaan ka na, Deib! Nawawala ang Deib! My God! Nakakaloka ang kaibigan niyong 'yan, ah? Hindi siya worry-free! Tsk tsk tsk!"

"Nag-aalala na nga rin ako pero hindi naman siya ma-contact."

"Ako rin naman, Eh, ang kaso ay walang paramdam? Walang pahiwatig? Imposible namang hindi niya alam na merong tao na katulad natin na puwedeng mag-alala, 'di ba? Kahit 'wag niya na akong isama! Kahit kayo na lang nina Tob at Max? 'Di ba? 'Matik nang iisipin niya na may mga kaibigan siya at girlfriend na mag-aalala kasi nawala siyang bigla!"

Hindi na ako sinagot ni Lee, naiintindihan ko siya dahil pareho naman naming hindi alam kung nasaan talaga si Deib. Pareho kaming nalilito at walang maisip na dahilan kung bakit bigla siyang nawala ng walang paa-

paalam. Hindi ko talaga mapigilan ang sarili na magtanong kahit na alam kong anomang itanong ko ay maririndi na siya dahil sa sobrang lakas nang bibig ko. Nag-aalala ako kay Sensui at gano'n na rin kay Max. At higit sa lahat ay nag-aalala ako para sa relasyon nila.

May mali kasi, eh, merong mali.

Nawala si Sensui sa hindi maipaliwanag na dahilan. Sa pagkakatanda ko ay minsan niya na ring ginawa 'to pero hindi ko naman masiyadong pinansin dahil hindi pa naman kami gano'n ka-close no'n.

"Naalala mo no'ng minsan na nawala rin si Deib? Hinanap niyo rin siya sa 'kin no'n, 'di ba?" Tanong kong muli kay Lee, tumango siya.

"Pero iba 'yong ngayon, sweetheart, hindi ko alam kung ano ang nangyari sa kaniya. Okay naman kasi tayo bago niya tayo iwan kanina, 'di ba? Ayos din naman daw sila ni Max, sabi niya."

Napabuntong-hininga ako sa sagot niya. **"Ayos lang ba sa 'yo na dumaan muna tayo sa bahay at bumalik sa school?"**

Nagtaka siya. **"Why?"**

"Ihahatid ko kay Max 'yong motor niya," bumuntong-hininga uli ako. **"Sa tingin ko kasi ay hindi na siya babalikan pa ni Sensui ro'n."**

Sandali siyang natigilan at napabuntong-hininga rin. **"Oh, sige."**

"Salamat," muli na lang akong tumanaw sa labas nang bintana.

Para akong tanga na isip nang isip kung ano ang posibleng nangyari. Ang hirap manghula dahil wala naman kaming makitang problema bago mangyari ito.

Bakit ba hilig na hilig nang panahon ngayon na magkaganito bigla ang mga pangyayari? 'Yong ayos na ayos ang lahat tapos biglang magkakaro'n nang panibagong eksena? Hindi na natapos tapos ang mga eksena! Letse!

Ilang sandali pa ay nasa bahay na kami. **"Pumasok ka na muna,"** anyaya ko, ngumiti naman siya bago inalalayan akong makababa. Nanguna ako papasok nang bahay at agad akong natigilan. **"Mommy? Daddy?"** Bulalas ko.

"Zarnaih, hija!" Galak na galak na bulalas din ni mommy, sinalubong niya ako nang yakap at halik.

"Uhk!" Naiusal ko pa nang dahil sa sobrang higpit nang yakap niya. **"Grabe naman kayo kung makayakap, mommy, baka bumuka 'yong tahi ko!"**Animong naghihingalong pagpupumiglas ko.

Napalingon ako kay Lee, bakas sa mukha niya ang magkakahalong kaba, gulat at pagkailang.

"Mommy," muling tawag ko, umalis naman siya sa pagkakayakap.

"Oh, my God, Zarnaih, we missed you so much! I was so excited to see you! Bakit ngayon ka lang?" Pambungad niya, siyempre, ang bilis niyang magsalita kaya hindi ako makabirada. **"Ano? Kumusta ang pag-aaral mo, hija? Naku! Nasisiguro kong maayos, ano? Tama ba ako? Tsk tsk tsk. Ang ganda ganda ng anak kong ito, oo! Aaah! Isang yakap pa kay mommy, please, anak!"** 'Tsaka niya ako muling niyakap, wala naman akong nagawa kundi ang gumanti.

"Oh, nandito na pala ang love birds?" Sumulpot si ate mula sa kusina.

Buraot!

"Oh? Hindi ko napansin na may kasama ka pala?" Ani mommy habang nakatingin kay Lee. **"Tulog, hijo, tuloy ka."**

"Good afternoon po," bagaman pormal ay mahihimigan dito ang kaba.

Tuluyan kaming nagharap-harap sa sala 'tsaka nila pinagmasdan ang kabuuan ni Lee. Ako ang naiilang para sa ginagawa nila dahil daig pa nila ang nagpi-physical assessment.

"Oh? Bakit hindi mo ipakilala sa parents mo ang iyong boyfriend, Zarnaih?" Nakangising tanong ni ate.

"Shut up." Singhal ko, nag-make face naman siya.

"Good afternoon po," muling bati ni Lee sabay tango sa parents ko.

"Maayong hapon," gulat pa rin na bati ni mommy, si daddy naman ay nananatiling nagmamasid sa kabuuan ni Lee.

Huhuhu! Take me, Lord!

Kinabahan ako ng hard. **"Lingkod palihod, hija,"** sumenyas pa sa 'kin si mommy.

"Maupo ka raw," utos ko kay Lee, naupo siya sa sofa.

"Unsay ngalan mo? Imong edad? Taga-asa man ka?" Sunod sunod na tanong ni mommy, nangisay naman ako.

"Mom, hindi siya marunong mag-Cebuano," napapahiyang bulong ko.

Diyos ko po, huhuhu! Nagmamakaawa po ako, stop them.

"Ay, hahaha, oo nga pala, ano? Ah, hijo? What is your name?"

"Ah," tumayo si Lee at tumango kina mommy't daddy. **"Pleased to meet you, I'm Lee Roi Gozon, Ma'am, Sir."**

"Mm," tumikhim si daddy. **"What's your relationship with my daughter?"** Nanindik ang mga balahibo ko sa timbre nang boses ni daddy, halatang kinabahan naman si sweetheart.

"I'm her boyfriend, Sir."

Eeeeeeeek! Kyaaaaa!

"Ah, hehehe, boyfriend ko, mommy, daddy," nag-peace sign pa ako sa kanila.

"How old are you?" Muling tanong pa ni daddy.

"I'm 19, Sir."

"Mm," tumangu-tango si daddy 'tsaka sumenyas. **"Please be seated."**

"Thank you, Sir."

"How are you related to Moira and Lery Gozon?"

"You know my parents, Sir?" Gulat na tanong ni Lee, ako man ay nagulat.

"They're my business partners," nakangiting sagot pa ni daddy 'tsaka sila nagngitian ni mommy.

"That's nice," dinig kong ani ate, hindi ko naman 'yon pinansin.

"So... you're the only son of the Gozon's?" Nakangiti at tatangu-tangong ani mommy. **"It's our pleasure to meet you. Please take care of our daughter, okay?"**

"Of course, Ma'am."

"Just call me Tita, okay?"

Nagsimulang makipagkuwentuhan sina mommy kay Lee. Kaming dalawa naman ni ate ay abala sa paghahanda nang makakain sa komedor.

"Hmm..." Parinig ni ate.

"Ano na naman?" Nakangiwing tanong ko.

"Congrats."

"Psh. Saan naman?"

"Dahil nagustohan nila ang first boyfriend na ipinakilala mo."

"So?!" Sarkastikong tanong ko.

"Magandang pangitain lang," ngumiti siya ngunit mapait ang dating no'n sa 'kin. **"'Yong una kasing ipinakilala ko sa kanila ay hindi nila nagustohan. Ending, niloko ako nang guy na 'yon,"** tinaasan niya pa ako ng kilay 'tsaka umalis. Naiwan naman akong nakatingin sa kaniya habang pinapanood siyang makabalik sa sala.

Iniwan siya? Psh! Kasalanan ko? Gano'n? Eksena!

"Mom, dad, kain na tayo," anyaya ko. **"Lee, tara."**

"Hey! Aren't you going to invite me?" Sarkastikong sabat ni ate.

"Effort pa? Eh, kakain ka rin naman--"

"Zarnaih?" Paninita sa 'kin ni daddy, ngumuso lang ako. **"Ganiyan pa rin ba kayong magkapatid hanggang ngayon?"** Napangiwi ako, nginisihan naman ako ni ate.

"Oo nga naman, Zarnaih, nandito pa naman ang boyfriend mo, oh," umiiling na ani mommy. **"Ang guwapo guwapo mong bata."**

"Ang ganda ko kasi, mommy," sabat ko naman.

"How's your stay here, Zaimin Yaz?" Baling ni mommy rito.

"Mm, so far, okay naman. I'm very welcome here except for that daughter of yours," sarkastikong sagot nito.

"Ano ba kayo? Hindi ba talaga kayo magkakasundo?" Nag-aalala ang tinig ni mommy, napahiya naman ako kay Lee.

"Well, at least, hindi na kami masiyadong nag-aaway, mom," natatawang dagdag pa ni ate, nakahinga naman ako ng maluwang. **"And besides, siya lang naman ang parating umaaway sa 'kin. I know I'm beautiful and sarcastic, pikon lang talaga siya at nagtatanim ng sama ng loob. Am I right or am I right, little sister?"**

"Psh!"

"Siya nga pala, wala na bang nambu-bully sa 'yo sa school ninyo?" Tanong ni daddy, may himig pa rin nang pag-aalala sa kaniyang tono.

"Wala na, daddy, sa wakas." Sagot ko.

"Mm, mukhang okay na okay naman na sila sa school nila. I visited them a few days ago, they look popula. So amazing," sarkastiko pa rin si ate. **"They held this inter high school program."**

"I see. Eh, what about Maxpein? Where is she?" Tanong muli ni daddy, sabay kaming napalingon ni Lee sa isa't isa.

Hala! Nakalimutan ko! Nawala si Max sa isip ko!

"Nawala sa isip ko, si Deib nga pala," pabulong na ani Lee, napaingit naman ako.

"Is there a problem?" Nagtaka si ate. **"Nasaan si Maxpein?"**

"May nangyari ba?" Nag-alala na rin si mommy.

"Ah, wala po," pilit ang ngiting tugon ko. **"Hinihintay kasi ni Maxpein si Deib, eh, nawala sa isip kong kaya nga pala kami nandito ay dahil kukunin ko 'yong motor niya at ihahatid sa kaniya sa school."**

"Who's Deib?"

"Boyfriend ni Max, mommy."

"A-Ahh wala po---wala po.." pilit ang ngiting sagot ko sa kanila. **"H-Hinihintay kasi ni Max si Deib.. e-eh baka kako h-hindi bumalik si**

Deib sa school---nawala sa isip kong kaya nga pala kami nandito ni Lee ay dahil kukunin ko yung motor nya at ihahatid sa k-kanya sa school.. B-Baka kasi naghihintay doon si Max kay Deib e baka hindi naman dumating.. h-hindi sya makakauwi.."

"Who's Deib??"

"Boyfriend ni Max, mommy."

"Wow, boyfriend? That's good. Tahimik pa rin ba siya hanggang ngayon?"

Ngayon pa siya nagtanong, 'di ba?

"Bakit hindi na lang siya mag-taxi pauwi?" Tanong naman ni daddy.

"Sana nga ay maisipan niya 'yon." Sagot ko.

Emo siya ngayon, nararamdaman ko, daddy. Tsk.

Nagtuloy kami sa pagkain, hindi na nawala si Max sa isip ko. Bumalik ang pag-aalala ko kasabay nang pag-asa na sana ay kasama niya na si Sensui ngayon. Nang makakuha kami nang tiyansang makalayo ni Lee ay 'tsaka niya tinawagan ang kaibigan. Nanatili lang akong nakatingin sa kaniya at naghihintay rin kung sasagot ito. Hindi ko maiwasan ang magpaikot-ikot habang hinihintay siyang magsalita.

Sana ay magkasama na sila.

"Naka-off pa rin ang phone niya," mayamaya'y ani Lee.

"Haaaays, tsk! Bakit gano'n?" Ingit ko. Inilabas ko ang cell phone ko at tinawagan naman si Max, tumingin ako sa relos ko at mag-a-alas sais na. **"Tsk, maggagabi na, nasaan na kaya siya? Sana ay sagotin niya."**

"Oh?"

"Max?" Napasigaw ako. **"Ano? Nasaan ka na?"**

"Nandito pa."

Bumagsak ang mga balikat ko. Nakaramdam ako ng matinding panlulumo sa isinagot niya. Ang kaba sa puso ko ay parang nilunod bigla nang pagkahabag sa kaniya. Biglang nagtalunan ang mga tanong sa isip ko.

Ano ba kasi ang nangyayari? At bakit kinakabahan ako ng ganito?

Nagkatinginan kami ni Lee at nakita niya ang lungkot sa mukha ko, napabuntong-hininga siya.

"Max, umuwi ka na kaya?" Suhestiyon ko pa.

"Bakit?"

"Anong oras na rin kasi, oh? Baka naman may emergency si Deib? Baka hindi siya makatawag dahil na-empty ang phone battery niya?"

"Ayos lang, hehehe. Wala namang batas na nagsasabing limitado dapat ang oras nang paghihintay, 'di ba?"

Lalo akong nakaramdam nang awa para sa kaniya. 'Yong pakiramdam na pinagmumukha niya na lang astig ang kaniyang sarili--'yon ang Maxpein na kausap ko ngayon. Batid kong pinalalakas niya na lang ang sariling kalooban. Nasisiguro ko rin na alam niyang hindi na ito babalik pero ginagawa niya pa ring maghintay. Kakaiba. Sadyang kakaiba.

"Nandito kasi sina mommy't daddy ngayon at gusto ka nilang makita," palusot ko, umaasang magdedesisyon siyang umuwi.

"Oh? Mahihintay ba nila ako?"

Nagliwanag ang mukha ko. **"Uuwi ka na?"**

"Oo naman, ihahatid ako ni Sensui diyan."

Muli akong nanlumo. **"Max..."**

"Naih, ayos lang ako. Wala pa naman akong isang lingo na naghihintay rito, 'wag ka ngang OA."

"Eh, kasi..."

"Teka nga... sabihin mo nga sa 'kin? Nakausap mo na ba si Sensui, ha?"

"Hindi pa."

"Tss, hindi naman pala, eh, di 'wag kang mag-alala? Darating 'yon," animong siguradong sigurado siya sa sinabi.

"Pero kasi..."

"Ibababa ko na 'to, ah? Baka kasi ma-low battery ako at tumawag si Sensui."

"Max--"

"Sige na, bye," aniya 'tsaka kusang ibinaba ang linya, nanlulumo akong tumingin kay Lee.

"What did she say?"

"Hihintayin niya pa rin daw ro'n si Sensui." Bumuntong-hininga pa ako. **"Lee, nararamdaman kong may hindi magandang nangyayari. Hindi aksidente pero hindi maganda para sa relasyon nila,"** pareho kaming nalungkot. **"At alam kong nararamdaman din ni Max 'yon ngayon. Nagsisinungaling lang siya sa sarili niyang hindi nararamdaman. Isa lang ang nasisiguro ko, nasasaktan siya ngayon."**

"Tsk! Where the hell is that guy?" Inis pang singhal ni Lee 'tsaka tumalikod sa 'kin at muling nag-dial. **"Hello?"** Parang nagulat pa siya, napatingin naman ako agad sa kaniya. **"Deib? Where the hell are you?"**

Halatang galit na siya, gusto ko mang magalit pero mas importante sa 'kin na marinig ngayon ang pag-uusapan nila. **"We've been looking for you--what happened to you?"** Lumabas kami nang gate.

"Akin na! Akin na! Ako ang kakausap!" Pahablot kong inagaw ang cell phone sa kaniya. Nagpamaywang ako at wala pa man akong nasasabi ay nangingilid na sa galit ang mga luha ko. **"Hello? Nasaan ka?!"**

"Sino ka ba?" Parang walang interes na sagot ni Sensui.

Psh! Ngayon ay nasisiguro ko nang masama nga ang lagay nang relasyon nila!

Iisang linya pa lang ang binitiwan ni Sensui pero para siyang hangin na dumaan sa mga niyebe dahil sa sobrang lamig nang pananalita niya. Nararamdaman ko hanggang sa linya ko ang pagiging cold niya. Pero hindi ko akalaing ganito karami ang maiisip ko bago uli makipag-usap sa kaniya.

"Psh! Ano ba ang nangyayari sa 'yo? Alam mo bang lahat kami ay nag-alala sa 'yo?"

"Tch. Parrot." Mahinang singhal niya, nanlaki lalo ang mga mata ko.

"Ano?" Hindi makapaniwalang tanong ko. **"Ang sama mo! Nag-aalala na kami rito sa 'yo tapos mang-aasar ka pa? Kahit kailan ay bully ka!"**

"Sino ba ang may sabi sa 'yong mag-alala ka?" Sarkastikong aniya, hindi agad ako nakasagot.

Sino nga ba ang nagsabing mag-alala kami?

"Kailangan pa ba nang pahintulot mo bago kami makaramdam nang pag-aalala? Tanga ka! Tanga!" Hindi ko napigilan ang sarili kong sigawan siya. Iritable namang inagaw sa 'kin ni Lee ang sariling cell phone.

"What's wrong with you, Deib?"

English pa rin ang king ina! Kahit galit--English? My God! Cannot be!

DEIB'S POV

Isang lapit mo pa sa kaniya... malaya ka na.

Biglang nagising ang diwa ko. Dahan-dahan kong iminulat ang aking mga mata ngunit pinanatili kong nakahiga ang katawan ko. Tumama ang paningin ko sa putting kumot kong nakatabing sa aking katawan habang nakadapa sa pagkakatulog. Muli kong naramdaman ang sakit, nakapanlulumo. Umaasa kasi akong mababawasan 'yon kapag natulog ako. 'Yon pa lang ang naiisip ko ay naluluha na ako ngunit agad ko iyong pinigilan.

Maging masaya ka sana sa kaniya... mukhang para naman kayo sa isa't isa, eh.

Gusto kong sisihin ang tadhana. Gusto kong murahin ang langit at lupa. Bakit kailangang pagsamahin pa kami kung parati namang may nakaharang sa aming pagsasama? Nakalulungkot isipin na sa sandaling nakasama ko siya ay nahulog ng todo ang aking loob pero masasaktan ng ganito sa huli.

Walang ganang bumangon ako at tumingin sa orasan, mag-a-alas sais na. Tumingn ako sa tagiliran ko at nakita kong nakaupo si Kim sa sofa. Hinila niya iyon papalapit sa kama ko at natulog nang nakapande-kuwatro. Hindi ko na siya pinansin at kinuha ko na lamang ang cell phone ko, humihikab ko pang binuksan 'yon.

Hindi pa man nag-iinit sa palad ko ang cell phone ay sunod sunod na ang pagtunog no'n dahil sa texts. Gusto ko itong ibato dahil sa iritasyon. Binuksan ko ang inbox at tiningnan isa-isa kung sino ang mga nag-text. Lahat nang 'yon ay galing kina Lee, Tob at Parrot, paulit-ulit lang at ang pinakahuli ay kay Taguro.

Gusto ko agad maluha, pangalan niya pa lang ang nakikita ko. Gusto kong magmaktol at sisihin siya kung bakit ganito kasama ang loob ko ngayon pero hindi ako handang harapin siya. Gusto ko siyang kausapin pero ayaw ko siyang makita.

Ngayon ko lang naramdamang hindi umaasa na magte-text ka kahit isa lang.

Muling nangibabaw ang galit sa loob ko, pakiramdam ko ay niloko ako nang napakaraming tao. 'Yong sakit na nangingibabaw sa 'kin ay buhat nang panloloko sa 'kin nang mga tao. Dahan-dahang nagsasara ang isip, lahat ay isinisisi sa sarili ko at kay Taguro. Ayaw ko siyang isipin kahit sa oras lang sanang ito pero sadyang mahirap.

Wala na akong pakialam sa inyo at mas lalong wala na akong pakialam sa 'yo.

Agad kong pinalis ang aking emosyon, binuksan ang text ni Taguro. Hindi ko man lang iyon pinagkaabalahang basahin, binura ko na agad. 'Tsaka ko binuksan at binasa ang iba pang texts.

From: Lee

Deibm nasaan ka? Hindi ka ba papasok?

4:02 PM

From: Tob

Hoy! Hinahanap ka nang puso mo! Hehehe! Putsa, namakla ka na naman, 'no? Nawawala kang bigla-bigla, ah! Iba na 'yan! Mukhang may sorpresa ka

na naman sa puso mo, ah? Ayos 'yan, hindi ko sasabihin! Hehehe! Magsisimula na si Miss! Bilisan mo na diyan at baka mayari ka!

4:03 PM

Nawalan na ako nang ganang basahin ang iba pang text messages. Pabato ko iyong inilapag sa kama ngunit agad din na nag-ring at ang sumunod na nangyari ay ang pagbubunganga sa 'kin ni Parrot.

Masiyado siyang maingay. Tch.

"Aren't you going to tell us what happened to you? We've been looking for you, Deib," nangibabaw na naman ang nag-aalalang tinig ni Lee. **"Nawala kang bigla at hindi ka na pumasok, maayos tayong magkakasama sa canteen at matapos mong sunduin si Maxpein sa room nila ay hindi ka na bumalik. Hinahanap ka ni Max pero ni isa sa 'min ay walang nakakita sa 'yo. Ngayon na tinawagan kita ay ganiyan ang pakikipag-usap mo, ano ang nangyari sa 'yo?"** Batid kong galit siya ngunit iniiwasan niyang sigawan ako. **"Bakit ngayon lang kita na-contact?"**

"I just woke up."

"What?"

Pero wala akong gana na magpaliwanag, wala namang magbabago kung gagawin ko 'yon. Wala akong pakialam sa mga sinabi niya, hindi no'n mababago ang aking nararadaman. Pakiramdam ko ay gusto kong ibaba na agad ang linya at ibato ang cell phone papalayo.

"Maxpein's still waiting for you, Deib," hindi ko nagawa ang nasa isip dahil muling nangibabaw ang nangongonsensiyang tinig ni Lee. **"Nando'n siya sa parking lot nang BIS at hinihintay ka."** Pero walang nagbago sa nararamdaman ko. **"Hinihintay ka niya dahil sinabi mo raw na susunduin mo siya. Puntahan mo na siya ngayon dahil baka umulan na mamaya,"** pag-uutos niya pa.

"Tch. Sino ba ang may sabi na maghintay siya?" Gusto kong matawa, natigilan siya sa kabilang linya. **"Kung gusto mo ay ikaw na lang ang sumundo sa kaniya--"**

"Deib!" Sigaw niya, sa unang pagkakataon ay narinig kong magalit si Lee gamit ang isang salita. Sinarili ko na lang tuloy ang pagtawa.

Kalokohan. Nagagalit kayo sa 'kin dahil akala niyo ay siya lang ang nasasaktan? Nice.

"Bakit hindi mo masabi sa 'kin kung ano ang nangyayari sa 'yo? Bakit ka ba nagkakaganiyan?" Magkasunod niya na naman tanong, hindi

ako nagsalita. **"Kung may problema ka, puwede bang iisantabi mo muna kung posible? Because she's still waiting for you and she knows nothing about what is going on with you. Nobody knows what's going on with you, dre. Lahat kami ay nag-iisip at nagtataka sa 'yo, bigla kang nawala at parang ikaw pa ang galit ngayon? Hindi ko na aalamin kung ano ang nangyari sa inyo pero pakiusap, nag-aalala ako sa 'yo pero mas nag-aalala ako sa kaniya dahil kanina pa siyang naghihintay sa 'yo ro'n."**

"Sige, pupuntahan ko siya," walang-ganang tugon ko, sandaling nanahimik ang linya niya ngunit maririnig ang kaniyang paghinga. **"At kapag naihatid ko na siya diyan ay 'wag na 'wag mo na uling babanggitin sa 'kin ang kaniyang pangalan,"** banta ko 'tsaka ibinaba ang linya.

Pumihit ako paharap kay Kim, gaya kanina ay tulog na tulog pa rin ito kaya naman lumapit ako sa kaniya at sinipa nang may kalakasan ang kinauupuan niya.

"Gumising ka na at umuwi, hindi na kita kailangan," nag-uutos kong sabi 'tsaka dere-deretsong pumasok sa loob nang banyo at naligo.

Hindi ko man naisin ay kusang lumuha ang mga mata ko. Kahanga-hangang si Taguro ang nandoon ngayon at naghihintay sa 'kin pero nasasaktan pa rin ako. Kakaiba nga yata talaga ang puso. Paulit-ulit ang kurot na 'yon sa puso ko, iyon ang sakit na kaya mong dalhin pero mahirap tiisin.

Ayaw ko nang masaktan, parang awa mo na, tumigil ka na. Utos ko sa puso ko 'tsaka sunod sunod na hinampas ang aking dibdib.

"Deib..." Inis akong nilingon si Kim nang makalabas ako nang banyo, nandoon pa rin siya at kasalukuyang katatayo lang. **"'Yong--"**

"Ano pa ang ginagawa mo rito? Hindi ba't sinabi kong umuwi ka na?" Inis na tanong ko.

"Hindi pa kasi tayo nakapag-uusap, naguguluhan ako sa 'yo."

"Tch! Eh, bakit hindi mo pa sinabi sa 'kin kanina bago ako matulog?"

"Baka kasi magalit ka--"

"Mas magagalit ako dahil kagigising ko lang ay kung anu-ano na ang sinasabi mo! Umalis ka na sa harap ko!"

"Deib naman," namumula na ang mga mata niya, parang maiiyak.

"Tch," napangisi ako 'tsaka tumingin sa katawan kong towel lang ang meron at nasa kalahating katawan pa. **"At talagang sa ganitong hitsura ko pa, ah?"** Sarkastikong dagdag ko na ipinakita pa ang kabuuan ko, natigilan naman siya 'tsaka ako muling sumeryoso. **"Kung paano mo narinig ang mga sinabi ko kanina--'yon na 'yon. Wala nang magbabago. Kung ayaw mo, simula bukas ay 'wag ka nang titingin sa 'kin. Labas."**

"Deib?"

"Labas!" Bulalas ko dahilan upang matuliro siya, dali-dali niyang kinuha ang gamit 'tsaka lumayas.

Peste!

Sinulyapan ko lang ang pinto at saka mabilis na kumilos upang magbihis. Hindi ko na pinagkaabalahan pang ayusin ang hitsura ko. Nagpunas lang uli ako nang buhok 'tsaka ibinato sa marumihan ang ganamit na towel. Maging ang magulong kama ay hinayaan ko na at lumabas.

"Mom, aalis lang ako sandali, babalik din ako agad--" Kusa akong natigilan sa sasabihin nang makita si Kim na nakaupo sa sofa at umiiyak.

Tch. Ang tigas din talaga nang mukha ng babaeng 'to.

Napalunok ako sa inis, binigyan naman ako nang nagtatanong na tingin ni mommy. Sinuklian ko naman 'yon ng blangko at walang emosyong tingin 'tsaka ko nilapitan si Kim.

"Ano ang iniiiyak-iyak mo diyan?" Sinikap kong maging malumanay ang aking tinig ngunit may diin.

"Why do you have to do this to me?" Luhaang tanong niya, agad namang kumunot ang noo ko at kapagkuwa'y natawa.

"Tch! Hahahaha! Ha!" Binigyan ko siya nang nakaiinsultong tingin habang nakangisi, lalo siyang naluha. **"Did what, huh? Nababaliw ka na ba?"** Halos pabulong na tanong ko pa, batid kong sa mga oras na 'to ay panay tanong ang namumuo sa isip ni mommy. Paniguradong nalilito siya sa trato ko sa babaeng 'to pero sadyang wala akong pakialam.

"Deib, hindi kita maintindihan!" Mahinang sumbat niya, lalo naman akong natawa.

"Hindi mo talaga ako maiintindihan dahil wala naman akong ipinaiintindi sa 'yo, Kimeniah. Walang pumipilit sa iyo na pumayag sa sinabi ko at mas llalong hindi kita pipilitin na maging girlfriend ko! Alam mong hindi na kita gusto at wala na ako ni katiting pang nararamdaman sa 'yo!"

"Hindi 'yan ang Deib na kilala ko!"

"Then let me introduce myself to you," walang emosyong hamon ko, natigilan naman siya. **"Pero kung ako sa 'yo, 'wag ka nang mag-inarte nang ganiyan sa harap ko dahil mas mapapahiya ka lang--masasaktan ka lang. Gamitin mo ang utak mo, Kim, isipin mo kung bakit ko ginagawa 'to. Kung wala kang maisip ay manahimik ka na lang."**

"Sandali," inawat kami ni mommy, bahagya niya akong inilayo kay Kim. **"Deib... Deib... What is wrong with you, Deib Lohr?"** May himig nang pag-aalala sa kaniyang tono.

"She's leaving, mom," tugon ko habang nakatingin pa rin kay Kim. **"Hindi ko na siya maihahatid dahil may daraanan pa akong tao. Kinukulit na ako, eh."** 'Tsaka ako bumaling kay mommy. **"I'll be fine so you don't have to worry, I'll be home before dinner,"** pilit kong kinalma ang sarili 'tsaka muling tumingin kay Kim. **"Tumayo ka na diyan, ihahatid kita sa labasan. Isasakay kita nang taxi kaya 'wag kang mag-alala--"**

"Deib, what's going on with you? Huh?" Kunot-noo, nag-aalala at may himig na naiinis na tanong ni mommy, animong nagsusumamo itong magsabi ako kung ano ba ang nangyayari. Pilit na ngiti lang ang iginanti ko bago nakapagsalita.

"I'm okay, mom," hinalikan ko pa ang kaniyang noo, pilit kong hindi ipinaramdam sa kaniya ang nanginginig kong braso. **"Don't worry about me, I'm fine,"** paniniguro ko 'tsaka walang sali-salitang hinablot ang kamay ni Kim at kinaladkad palabas nang bahay.

"Deib, n-nasasaktan ako!"

"'Wag kang aarte nang gano'n sa harap nang mommy ko, naiintindihan mo?" Nanggigigil na bulong ko 'tsaka siya tuluyang hinila papalabas nang gate. Halos itulak ko pa siya papalapit sa kotse. **"Get in!"** Singhal ko pa. Sandali siyang nagtiim nang bagang bago tumalima. **"Hindi ako matatakot sa ganiyang hitsura mo at hindi ako makokonsensiya sa ginagawa ko. Pumasok ka na kung ayaw mong maglakad pauwi."** Banta ko 'tsaka naglakad papunta sa driver's seat.

Ngunit hindi siya natigil sa kaiiyak hanggang sa tuluyan kong paandarin ang kotse. Naririndi ako sa bawat hikbi niya, mas pinag-iinit no'n ang ulo ko. Alam kong pinipilit niya nang pigilan ang umiyak at humikbi pero hindi na talaga ako natutuwa pa. Naba-badtrip lang akong lalo sa kaniya. Hindi ko alam kung saan nanggagaling ang galit kong 'to, alam ko rin na sumosobra na ako pero talagang napakainit nang ulo ko.

"Manahimik ka na," pigil ang inis na pakiusap ko, medyo nagtigil siya. **"Ibababa na kita sa labas at ikaw na ang bahala sa sarili mo pauwi."** Binilisan ko ang pagmamaneho papalabas nang village namin, agad kong ipinarada ang kotse sa tabi at pinagbuksan siya. **"Take care,"** malamig kong sabi nang makababa siya.

Pero binigyan niya ako nang nagmamakaawang tingin, napabuntong-hininga naman ako nang dahil do'n. Pero hindi na ako nag-abala pang tingnan siya, pinara ko na agad ang kauna-unahang taxi na natanaw ko at agad naman 'yong huminto sa harap namin.

"Francisville siya, Manong," sabi ko sabay abot dito nang limang daang piso 'tsaka ako bumaling kay Kim. **"Bayad ka na,"** sabi ko 'tsaka agad na tinalikuran siya at sumakay sa kotse.

Peste ka, Kim!

Nang paandarin ko ang kotse ay 'tsaka lang ako nakaramdam nang kaginhawahan sa dibdib ko. Siguro nga ay nakadagdag sa init nang ulo ko ang ginawang 'yon ni Kim. Hindi ko nagustohan ang ginawa niyang pag-iyak kay mommy, wala akong makitang dahilan para gawin niya 'yon. Salubong na salubong ngayon ang mga kilay ko at walang tigil sa pagkabog ang dibdib ko.

Nasasaktan akong masiyado, Maxpein, apektado ako sa lahat nang 'to. Hindi ako titino sa araw na 'to. Bakit kailangang magkaganito tayo?

Binaybay ko ang daan pabalik sa BIS ngunit hindi gaya kanina ay naging marahan ako at may pag-iingat. Pinapayapa ko lang ang isip ko at nagmaneho nang nagmaneho. Ngunit nang papalapit na ako sa mismong kanto ay wala sa sarili akong nagpreno. Sandali akong napatitig sa kawalan hanggang sa maiyuko ko ang sarili sa manibela.

Hindi ko alam kung kaya na kitang harapin. Natatakot ako. Nasasaktan ako. Nanghihina ako, Taguro. Hindi ko alam kung dapat ba kitang sisihin o ang lahat ay kasalanan ko? Bakit kailangang makaramdam ako nang ganito sa 'yo?

Naramdaman ko ang kakaibang takot at kaba sa buo kong pagkatao at 'yon ang dahilan nang panghihina ko ngayon. Maaalala ko pa lang 'yong mga nakita ko ay masasabi ko nang hindi ko kaya. Nakapanlulumo ang sakit, ang paulit-ulit na sakit. Napahawak ako sa ulo ko at naihilamos ang parehong kamay sa mukha ko. Gusto na namang tumulo nang mga luha ko ngunit gusto ko rin 'yong pigilan.

"Wooooh..." Nagpakawala ako nang isang malalim na hangin na naipon sa dibdib ko, ngunit mas pinangilid lang niyon ang mga luha ko.

Habang muling binabaybay ang daan papalapit nang papalapit sa BIS ay lalong bumilis at paglakas nang tibok ng puso ko. Sa t'wing tatama ang pulso ko sa manibela ay mas nararamdaman ko 'yon. Dahan dahan at unti-unti ngunit lalong bumibilis sa t'wing mauulit. Nararamdaman ko lalo ngayon ang sakit.

Bago pa man ako tuluyang lumiko sa kantong 'yon papasok nang BIS ay bumuhos ang malalaking patak nang ulan. Mula sa loob nang kotse ay dinig na dinig at mararamdaman iyon. Sandali kong pinanood ang pagbuhos na 'yong 'tsaka nagmadaling marating ang mismong parking space ko. Nagbago na naman ang nararamdaman ko at nakakapanibago 'yon, kung kanina ay puro lungkot ang nararamdaman ko, pag-aalala ang nangingibabaw sa 'kin ngayon.

Dali-dali akong bumaba at inilinga ang paningin ko. Hindi nagtagal ay nahagip nang paningin ko si Taguro, nasa di kalayuan. Pakiramdam ko ay may kung anong umakyat mula sa puso ko at bumara sa aking lalamunan. Hindi ko magawang gumalaw sa mismong kinatatayuan ko. Ngunit gaya nang dati ay naramdaman niya ang presensiya ko, nag-angat siya ng tingin at nagtama ang paningin namin. 'Ayun na naman iyong pakiramdam na para bang hinihigop ako nang mga tingin na 'yon ngunit sa oras na 'to ay para bang nagagawa niyang higupin ang mga luha ko papalabas sa mata ko. Napasinghap ako ng hangin at nag-iwas nang tingin, sa gano'ng paraan ko lang maiiwasang maluha. Makailang beses pa akong lumunok bago nagdesisyong lumapit sa kaniya, nagliwanag ang mukha niya nang magharap kami.

"Akala ko ay hindi ka na darating," halos pabulong na aniya, pilit na ngiti sa kawalan ang isinukli ko. **"Saan ka nanggaling?"** Pormal ang tono nang kaniyang pananalita.

Hindi mo alam kung gaano akong nasabik na makita ang mukhang 'yan. Wala kang ideya kung paanong nababago nang presensiya mo ang lahat nang nararamdaman ko, Taguro.

"Sa bahay," pormal din na sagot ko, pilit na hindi ipinapahalata sa kaniya ang tunay na nararamdaman ko.

Magkatabi kami at parehong nakatayo habang nakaharap sa gilid nang ospital at nasa mismong parking lot nang BIS. Pero mararamdaman ang pader sa pagitan namin, matibay 'yon at sumisikip. Nagkakapaan kaming

pareho sa isa't isa at nagpapakiramdaman kung sino ang magsasalitang una. Hindi man ako nakatingin sa gawi niya ay nakikita ko pa rin ang bawat pagkilos niya, pero hindi ang kaniyang emosyon. Hindi ko nababasa kung anong emosyon ang nagpapalit-palitan ngayon sa mukha niya, kahit gustong gusto ko 'yong makita. Gusto kong malaman kung gaya ko ay nasasaktan din ba siya? Ngunit mukhang imposibleng malaman ko 'yon ngayon, batid kong hindi niya rin alam kung ano ang dahilan nang ipinagkakaganito ko.

Pilit kong pinalis ang kaba, takot at pangingibabaw nang galit sa dibdib ko. Naramdaman ko namang tumungo siya at napabuntong-hininga.

"Ano ang nangyari sa 'yo?" Malumanay niyang tanong, inasahan ko na 'yon pero pilit na ngiti pa rin agad ang naiganti ko.

"Umuwi ako sa bahay," ngumiwi pa ako. **"Inaantok na kasi ako,"** nilingon niya ako, bahagyang kumunot ang noo, senyales na hindi niya naintindihan ang aking dahilan kaya naman muli akong ngumiti. **"Magkasama kami ni Kim, inuwi ko siya sa bahay,"** dagdag ko, pinukol niya ako nang matalas na tingin.

Hindi siya sumagot kaya naman muli kong iniiwas ang aking paningin habang mukhang tangang nakangiti pa rin sa kawalan. Ang totoo ay hindi ko na rin alam kung tama pa ba ang reaksyong ipinapakita ko. Basta ang alam ko ay hindi ko kayang labanan ang mga tinig niya sa ganitong sitwasyon ko.

"Hindi ko siya nagawang ipakilala nang maayos kay mommy no'ng inter high," tatangu-tango pang kuwento ko. **"Kaya ipinakilala ko na siya nang maayos kanina. Mm, ayos naman. Natulog lang kaming pareho, inaantok kasi talaga ako, eh. Tsk. Buwisit kasing Math subject 'yon, napakaraming ibinigay na exercises kahapon at tinapos ko pang lahat nang makauwi ka. Marami rin kasi kaming ginawa kanina at talagang sumakit ang ulo ko ro'n."** Wala sa sariling naikuwento ko, hindi na talaga malaman kung akma pa ba sa sitwasyon ang lahat. **"'Buti na nga lang din at napaaga ang uwi mo, marami pa kasi akong nagawa pagkatapos. Ang totoo ay hindi ako masiyadong makapag-focus no'ng mga nakaraan sa mga dapat kong gawin kasi siyempre, natutulog ako nang maaga para magising din ng maaga dahil susunduin pa kita, 'di ba--"**

"Ano ba ang sinasabi mo?" Pigil niya sa dapat ay sasabihin ko pa, natigilan ako nang todo, mabuti na lamang at hindi ako nakaharap sa

kaniya.

Agad akong napalunok, iyong dinig na dinig ko. Nagkasunod sunod pa ang paglunok na 'yon nang muling maghabulan ang kaba sa dibdib ko. Makailang beses pa akong palihim na huminga nang malalim bago ko siya nagawang lingunin.

"Ah, hehehe," tanging naiusal ko, pilit na pilit ang ngiti at tawa sa aking mukha.

Mga pilit na tawa na hindi ko magawang itawa nang buo dahil wala akong maapuhap na dahilan. Hindi ko rin malaman ang tamang salita na bibitiwan sa kaniya, masiyado siyang matalino para maging maligoy ako. Nakikita ko ang pagtataka sa kabuuan nang mukha niya, nalilito siya sa ikinikilos ko.

Hindi ko na malaman kung ano ang dapat na sabihin. Kung anu-ano ang desisyong namumuo sa utak ko kasabay nang sunod sunod na kirot na 'yon sa puso ko. Muli akong bumuntong-hininga, lumunok at umayos nang pagkakaharap sa kaniya.

"Maxpein..." Panimula ko, sa wakas ay naiusal ko ang pangalan niya habang unti-unti akong dinudurog. **"Ayoko na."**

Habang dinudurog nang sarili kong salita ang puso ko ay ang paghihirap kong sikapin na 'wag mautal upang masabi 'yon ng tama at buo. Ayaw kong mabasa niya ang pag-aalinlangan sa 'kin dahil gusto kong magmukhang natural at nagpapakatotoo. Matalino siya at may kakayahang bumasa sa nararamdaman nang iba at iyon ang bagay na pinakaiiwasan ko sa ngayon.

Hindi ko pinansin ang pagtataka, pagkalito, inis at galit na agad na bumalatay sa mukha niya habang nakatingin sa 'kin nang deretso. Maging ang pagsasalubong nang kilay at pagkakakunot nang noo niya ay nagawa kong hindi bigyang pansin. Alinman sa mga emosyon na ipinakita niya ay iniwasan ko ring tingnan. Kasabay niyon ay ang pag-iisip ko nang posibleng idahilan sa kaniya, iyong bagay na masisiguro kong paniniwalaan niya.

"Naaawa na ako sa 'yo, eh," binigyan ko pa siya nang pekeng tawa. **"Parang hirap na hirap ka na kasing pakisamahan ako, hehehe. Pero bilib talaga ako sa 'yo, sobra,"** Tumikhim ako kunyari at bumuntong-hininga. **"Pinanindigan mo talaga 'yong ganiyan na personality mo--"**

"Hindi ko maintindihan ang sinasabi mo."

Sa t'wing magsasalita siya ay nawawala ako sa huwisyo, nawawala ang galit ko at napapalitan 'yon nang kaba. Kaba na parang kakainin niya naman

ako nang buong buo. Muli kong pinalis ang anomang makapagpapakita nang kahinaan ko. Pilit kong inipon ang lakas nang loob ko at saka deretsong tumingin sa mga mata niya.

"Maxpein, let's end this here, I'm breaking up with you," sa wakas ay naiusal ko, mas tumitig siya sa 'kin.

Titig na titig siya sa 'kin, hindi ko man lang siya nakitang kumurap, bagay na nakapagpapahirap sa 'king tingnan siya. Hindi siya nagsalita ngunit pakiramdam ko ay bumabaon sa 'kin ang mga titig niya. Kinakabahan ako ngunit hindi ko 'yon puwedeng ipahalata sa kaniya. Nauubusan ako nang sasabihin sa t'wing nakalapat ang paningin namin sa isa't isa kaya naman kailangan kong iiwas ang mga mata ko para hindi na maguluhan pa. May kakayahan siyang basahin ang nasa isip ko at alamin ang tunay kong nararamdaman kaya mas nahihirapan akong magtago.

"Hindi ko na kaya." Muling usal ko, hindi pa rin siya kumibo. **"Sorry kasi hindi ko kayang pagbigyan lahat nang sinabi mo sa 'kin sa Palawan at mas lalong hindi ko kaya na panindigan ang lahat nang binitiwan kong salita sa 'yo. Hindi ko kaya na tiisin 'yong sakit na nararamdaman ko. Hindi ko kayang pigilan ang emosyon ko dahil mahal kita at nasasaktan ako,"** pagpapakatotoo ko, pakiramdam ko ay kusa nang lumalabas ang lahat nang sama ng loob ko. **"Hindi ko na kaya at kailangan na kitang bitiwan dahil alam kong hindi kita mapapasaya."** Tumitig ako nang deretso sa kaniya at sinikap na pigilan ang pangingilid nang luha. **"Napilitan ka lang naman na sagotin ako dahil sa pustahan natin sa basketball, 'di ba?"** Napalunok ako at huminga upang mapigilan ang sakit sa dibdib ko, umaakyat 'yon sa lalamunan ko't pinahihirapan akong makapagsalita at huminga. **"Napilitan ka lang naman, hindi ba?"** Muling tanong ko ngunit nanatiling blangko ang mukha niya at nakatitig lang sa 'kin.

Sanay akong wala siyang emosyon pero ito na yata ang pinakamatinding beses na makita ko 'yon. Sa reaksyon nang mukha niya ay para bang mag-isa lang siya, walang naririnig at walang kasama. Mas naging blangko ang mukha niya at mas nasasaktan din ako no'n. Ngunit nang tingnan ko ang kaniyang mga mata ay punong puno 'yon nang pagtataka.

"Ako na kasi 'yong may problema ngayon, eh," pagpapaintindi ko. **"Nasasaktan ako kahit naiintindihan kita. Nagseselos pa rin ako at kahit na anong pigil ko ay masakit pa rin talaga. Sarili ko 'yong hindi ko maintindihan, eh. I'm immature. I'm selfish... childish. I can't**

understand and I easily get mad, you even call me gay," pang-iinsulto ko sa sarili. **"But I'm just like because I'm more sad than happy,"** huminga ako nang malalim 'tsaka muling nilabanan ang titig niya, pigil pa rin ang emosyon. **"I don't really need any real concrete reason to break up with you, right? Ako lang naman 'yong nagpumilit na sagotin mo ako. Sorry, makulit talaga ako, eh, pasensiya,"** napapahiyang sabi ko pa. **"So, I'm letting you go. Sorry for the hard times if I've been a problem to you. I really mean it, I'm sorry,"** animong nawawala sa sariling usal ko at saka lang ako tumayo.

Naiwan naman ang paningin niya sa ere, nanatiling matalas 'yon. Maglalakad na sana ako papalayo nang bigla akong may maalala. Bumaling muli ako paharap sa kaniya ngunit hindi man lang siya nag-abalang pag-angatan ako nang paningin.

"I'm sorry, I can't take you home. Please take care of yourself," malumanay ko pang sabi 'tsaka pa lang ako bumalik sa kotse.

I'm sorry. I love you. I'm sorry for loving you this much.

Pinaandar ko ang kotse at pinaharurot 'yon palayo. Ngunit pagkalikong pagkaliko ko palabas sa kanto ay agad kong naihinto 'yon sa kabilang kanto. Napayuko akong muli sa manibela at doon inilabas lahat nang sakit at luha na naipon mula nang masilayan kong muli ang mukha niya. Nagtuloy tuloy ang daloy nang mga luha sa mukha ko at hindi ko na talaga mapigilan ang mga 'yon ngayon. Hindi ko na lalo maintindihan ang sarili ko. Gusto ko siyang balikan at bawiin ang lahat nang sinabi ko. Gusto kong sabihin na mali ang lahat nang narinig niya at ang totoo ay mahal na mahal ko siya. Ngunit nananaig ang pagtanggi nang isip ko, nakikipagtalo ito sa puso ko. Sinasabi niyang taydor ang puso at mas kailangan ko siyang sundin ngayon.

Sana ay ako lang ang nasasaktan ko sa ginawa kong 'to. Sana ay ako lang dahil mas gugustohin kong ako lang.

Biglang bumuhos ang malakas na ulan at kasabay no'n ay ang mga hikbi ko na para ba akong bata na nangangailangan nang gatas. Malungkot ang buong pagkatao ko at tanging siya lang ang makapagpapabalik nang saya ko pero masiyadong masakit ang makasama siya ngayon. Lalo na kung alam kong hindi kami pareho nang nararamdaman. Masakit para sa 'kin na mahal ko siya pero hindi gano'n ang nararamdaman niya.

"Aaaaaah!" Sigaw ko sabay hampas nang malakas sa kambyo.

Anong klaseng utak ang meron ka!

Nasasaktan akong maisip na wala pa ring emosyon ang mukha niya sa kabila nang masasakit kong sinabi. Pakiramdam ko ay bale-wala sa kaniya ang mga sinabi ko dahil hindi niya naman talaga ako mahal. Sa isip ko ay pinagmukha ko lang tanga ang sarili ko dahil kung anu-anong katangahan ang pinagsasabi ko sa kaniya.

Bakit ganito ako?

Hinayaan ko lang ang sarili kong umiyak. Tiniis ko lang ang sakit. Hinayaan kong sakupin nang lungkot ang buo kong pagkatao. At nang makalaya ako ay 'tsaka palang ako nag-angat nang tingin at pilit na pinahid ang mga luhang nagkalat sa mukha ko. Gusto kong pagalitan ang sarili dahil alam kong nagkaganito ako nang dahil din sa sarili kong desisyon.

Lalaki ka ba talaga o bading na tunay? Tch! Bading ka nga, Deib. Sira-ulong bading! Gago! Ang gago gago mo! Gago! Bobo!

Nilamukos ko ang sarili kong mukha at naghabol nang hininga matapos no'n. Ngunit agad akong natigilan nang sa hindi inaasahan ay natanaw ko si Taguro. Nasa kabilang kalye at naglalakad, nakapasok ang magkabilang kamay niya sa bulsa nang coat. At parang wala sa sariling naglalakad sa kabila nang napakalakas na ulan.

"T-Taguro..." Wala pa rin sa sariling naiusal ko 'tsaka tinanaw ang likuran niya.

Damn it! What are you doing?

Parang nilalamukos ang puso ko sa tanawing 'yon. Wala naman siyang ginawa kundi ang maglakad pero nasasaktan akong panoorin siya. Pakiramdam ko ay umiiyak ang langit para sa aming dalawa.

Naramdaman ko na lamang ang sariling pinaandar ang kotse at sinundan siya. Hindi ko maiwasang mainis habang pinanood ang paglalakad niya. Pero hindi ko naman siya magawang tigilan na sundan. Nagtuloy tuloy lang ako sa marahang pagsunod habang nananatili sa kabilang kalsada.

Ako ang may gusto nito pero bakit nasasaktan pa rin ako?

Hindi ko nabilang kung ilang oras naming ginawa 'yon. Naglalakad siya sa ulanan habang ako ay nakasunod lang sa kaniya. Hindi ko alam dahil hindi ko namalayan. Tumigil na lang kasi ako nang marating niya ang bahay nila.

"'Yong kaisa-isang taong nanatiling totoo sa harap ko, iniwan pa ako." Sa hindi inaasahan ay umugong sa pandinig ko ang linyang 'yon na sinabi niya sa 'kin nang nasa Palawan kami. May kung anong kirot na naman akong naramdaman sa dibdib ko.

Iniwan ko rin siya. Iniwan din kita, Taguro. Dahil makasarili ako. Masiyadong makasarili.

MAX'S POV

Maxpein, ayoko na. Maxpein, let's end this here, I'm breaking up with you. Nagpaulit-ulit na naman sa pandinig ko ang mga linyang sinabi niya. Hindi ko alam kung ano ba ang dapat kong maramdaman. Sa ngayon kasi ay nangingibabaw sa 'kin ang pagkalito pero naluluha ako. *Ano ba ang sinasabi niya? Hindi ko siya maintindihan.* Sabi ko pa sa aking sarili. Walang makapagpapaliwanag sa kakaibang lungkot na lumalamon sa kabuuan ko. *Ano ba ang maling ginawa ko?*

Hindi ko pinansin ang buhos nang ulan, pakiramdam ko nga ay hindi ko 'yon nararamdaman. Naglakad ako sa ulanan nang parang wala sa sarili at hindi ininda ang karamdaman. Litong lito ako at kung anu-ano ang pumapasok sa isip ko. Pinakikiramdaman ko ang aking sarili pero parang hindi pumapasok sa sistema ko ang lahat nang sinabi ni Sensui. Ang lahat nang 'yon ay nagpapaulit-ulit lang sa pandinig ko na sa sobrang lakas ay para bang nasa tabi ko lang siya at bumubulong. Pero wala akong mahitang dahilan para sabihin niya ang lahat nang 'yon ngayon.

Wala akong alam na dahilan para hayaan mong maramdaman ko ang ganitong klase nang lungkot ngayon.

"Max?" Nadinig ko ang boses ni Naih, hindi ko man lang namalayang nakauwi na pala ako. Sandali akong natigilan at napatitig sa bahay na para bang inaalam kung nakauwi na nga ba ako. Nang maka-recover ay 'tsaka pa lang ako tumuloy at naupo sa sofa.

"Susmaryosep kang bata ka--ano ang ginagawa mo sa sarili mo, Maxpein?" Nangibabaw ang isang pamilyar na tinig kaya nag-angat ako nang tingin.

"Tita?" Naiusal ko 'tsaka tumayo at tumango sa kaniya, nawala sa isip kong nabanggit nga pala ni Naih na dumating ang parents niya.

"Nagpaulan ka?" Nagugulat na tanong pa ni Tita.

"Naulanan ho."

"Ano ka ba namang bata ka? My goodness! Zarnaih, kumuha ka nang towel, please!" Pasigaw pa nitong utos sa anak na agad namang tumalima.

Lahat sila ay para bang gulat na gulat na makita ako samantalang ako naman ay hindi pa bumabalik sa katinuan. Para pa rin akong nakalutang at sariwa pa sa aking pandinig ang mga sinabi ni Sensui. Hindi ko magawang

sabayan ang pag-aalala nila dahil mas nag-aalala ako sa lagay nang relasyon namin. Hindi mawala sa isip ko ang mga sinabi niya at hindi pa rin 'yon nilululon nang pang-intindi ko.

"Max," may nagsalita na naman kaya napalingon ako, mas ikinagulat ko ang presensiya ni Lee.

"Woi," wala pa rin sa sariling nasambit ko. Pinukol niya lang ako nang nagtatakang tingin, pakiramdam ko naman ay napahiya ako.

"What happened, Max?" Nag-aalalang tanong niya ngunit bago pa man ako makasagot ay nakabalik na si Naih at iniabot sa 'kin ang isang towel.

"Max, ano ka ba naman? Bakit ka nagpaulan?" Batid kong nangangapa siya, iniisantabi ang pag-aalala dahil ayaw niya akong mapahiya sa harap nang lahat.

"Naulanan nga ako," sagot ko habang pinupunasan ang sarili, hindi malaman kung paanong ipapaliwanag kung paano itong nangyari.

"Eh, sana ay sumilong ka na muna at nagpasundo ka na lang," kunot-noong aniya, mahihimigang pilit niyang magtaas nang boses. Alam kong gusto niya akong pagalitan.

Hindi na ako nagsalita pa, ipinagpatuloy ko na lang ang ginagawang pagtutuyo sa sarili. Doon ko lang din sila nagawang pagmasdan, nandoon ang parents ni Naih, si Yaz at si Lee. Naitungo ko na lang ang aking ulo 'tsaka sinimulang tuyuin ang buhok ko.

"Zarnaih, maghanda ka nang pampaligo ni Maxpein," utos pang muli ni Tita.

"Hindi na ho," tanggi ko 'tsaka ngumiti, nagtaka naman ang ginang. **"Kaya ko na ho ang sarili ko,"** napilitan pa tuloy akong ngumiti. **"Masaya ho ako na makita kayong muli ngayon ni tito pero mauuna na ho muna ako sa kuwarto. Gusto ko lang ho munang makapagpahinga,"** sabi ko pa, natigilan silang lahat at pinukol ako nang nag-aalalang tingin. Pero hindi ko na 'yon tinagalan pa, binirahan ko na sila nang layas.

Nangibabaw na naman sa 'king pandinig ang lahat nang sinabi ni Sensui habang inaasikaso ko ang aking sarili. Bagaman nanlulumo ako ay sinikap kong makapunta sa banyo upang maligo. Litong lito pa rin at hindi malaman kung paanong kikilos nang akma at mabilis.

Ano ba ang sinasabi niya? Tama ba ang lahat nang narinig ko? Tinatapos niya na ang lahat sa pagitan namin? Hindi ko talaga maintindihan.

Pilit kong inalala ang naging usapan namin simula kaninang umaga pero wala akong makitang mali. Sinikap kong intindihin ang mga bagay bagay na nasabi ko na maaaring ikagano'n niya ngunit wala rin. Ang nag-iisang bagay na maaari kong sisihin ay ang huling nangyari.

Nakita niya kaya kami ni Randall? May narinig kaya siya? Pero bakit gano'n? Kahit naman may marinig siya ay wala naman siyang dapat na ikagalit sa mga sinabi ko. Hindi ba't dapat ay mas matuwa pa nga siya? Eh, bakit nagkaganito bigla? Masiyado siyang mabilis kung magdesisyon. Paano naman ako?

Gusto kong tanongin ang sarili ko pero alam kong hindi rin ako masasagot nito. Gusto kong manisi sa unang pagkakataon pero wala akong maituro kung sino. Pinakikiramdaman ko ang aking sarili kung ano ba ang nangingibabaw sa 'kin ngayon. Pero walang iba kundi ang pagkalito.

"Bakit wala akong maramdaman?" Bulong ko pa sa sarili.

Nalilito ako sa damdamin ko. Nagtataka ako kung bakit wala akong maramdaman. Mas gusto kong matulala at mag-isip nang mag-isip. Pilit kong hinahanap ang sakit na dapat ay nararamdaman ko sa aking puso pero wala talaga. Simula sa umpisa hanggang sa huli 'tsaka muling babalik sa umpisa at magtutuloy-tuloy na.

Mahal ko siya at totoo 'yon pero bakit hindi ako nasasaktan?

Napabuntong-hininga pa ako sa sarili kong naisip. Sa ngayon ay dalawang bagay lang ang alam ko, malungkot ako at gusto kong mapag-isa. Wala talaga ako sa sarili at kusa ng gumagalaw para sa 'kin ang kamay at katawan ko. Nang matapos akong maligo ay para na naman akong nakalutang sa lahat nang ginagawa. Hindi ko man lang namalayang inihiga ko na pala ang sarili ko sa kama. Hindi ko ugaling mahiga at matulog nang hindi tuyo ang buhok pero pakiramdam ko ngayon ay nasa katawan ko na ang lahat nang uwi ng pagod. Hindi ako makaramdam nang gutom kaya wala na akong planong bumalik pa sa 'baba para makisalo sa kanila.

Nag-isip ako nang nag-isip hanggang sa maipikit ko ang aking mga mata at malayang makatulog.

KINABUKASAN. Pagkagising ko ay mainit pa ako sa sigarilyo. Diwa ko pa lang ang nagigising pero nararamdaman ko na ang init nang aking katawan. Umaalingasaw 'yon na para bang nagbabaga ang aking kabuuan. Kinapa ko ang aking sarili, may lagnat talaga ako. Nanlalata ako, nanlulumo at tinatamad na kumilos. Kapag bumaling ako sa alinmang gawi, pakiramdam ko ay maglalagutukan ang aking mga buto. Napakasakit nang

ulo ko at sobrang hapdi nang mga mata ko. Gusto kong sumigaw sa sobrang sakit nang aking katawan pero kulang ang lakas na meron ako ngayon.

Iminulat ko ang aking mga mata, maging 'yon ay kinailangan nang lakas ko. At halos magsuntukan ang mga kilay ko nang makitang alas otso na sa relos ko.

Bakit hindi ako ginising ni Naih? Tsk.

Sinikap kong makabangon ngunit agad kong naramdaman ang bigat nang katawan ko. Nananakit ultimong ang mga buto-buto at kasu-kasuan ko. Nararamdaman kong talaga ang singaw nang aking katawan kaya naman kinapa ko ang sarili kong leeg at noo. Napabuntong-hininga na lang ako nang maramdaman kung gaano akong kainit. Walang sinabi ang summer.

Kinuha ko ang aking cell phone, walang text maski isa roon. Kaya naman nanlulumo akong isinilid 'yon sa bag at naupo sa gilid nang kama. 'Ayun na naman tuloy ang malungkot na alaala. Muling nangibabaw sa pandinig ko ang mga huling sinabi sa 'kin ni Sensui, hindi ko pa rin maintindihan hanggang sa ngayon kung bakit may gano'n.

"Sana mamaya pagpasok ko ay bumalik na tayo sa dati, ayaw kitang ma-miss sa paraang hindi ko malaman ang dahilan," bulong ko pa sa sarili 'tsaka maingat na tumayo at dumeretso sa banyo upang maligo.

Minadali ko ang aking sarili ngunit nando'n ang pag-iingat. Nag-aalala ako para sa sarili ko dahil sa sobrang panghihina ay posibleng madulas o matumba ako. Hindi ko na inisip ang siguradong oras nang dating ko sa school, sobrang late na ako sa klase.

Nang matapos ako ay agad akong bumaba at dumeretso sa kusina, siyempre nagulat si Yaz nang makita ako.

"Oh, my God! Don't tell me, papasok ka?" Kunot-noong tanong niya, nando'n pa rin ang pag-aalala.

"Wala naman akong sinabi na a-absent ako, 'di ba?"

"Oo nga, but... Maxpein, you're sick."

"Tss."

"'Wag nang matigas ang ulo, please? Zarnaih's trying to wake you up kanina pero nang pasukin ka niya sa room mo ay umuungol ka pa raw dahil sa sobrang init mo? My God! What are you thinking?"

"Papasok ako," pagpupumilit ko 'tsaka dumulog sa mesa, hinang hina talaga.

"No, you're staying here." Nag-uutos ang kaniyang tono.

"You don't understand, Yaz. May lecturer akong abnoy at hindi no'n maiintindihan ang simpleng lagnat lang."

"Anong simpleng lagnat lang? Eh, 'yang hitsura mo lang ngayon ay daig mo pa ang kinombulsyon nang magdamag? Look at yourself! You look so pale! Ang tamlay tamlay niyang mukha mo at bagsak iyang katawan mo!"

"Tss. Sige, maglabas ka ngayon sa harap ko nang taong nilalagnat pero mas maganda pa sa 'yo?" Hamon ko, pinandilatan niya naman ako.**"Kapag nangyari 'yon ay a-absent ako."** Matapang pang dagdag ko.

"I said, no. You're not leaving."

"Yaz?"

"Maxpein?"

"Tss. Kailangan kong makita si Sensui kaya 'wag ka ng makulit," ipinakita kong naiinis ako kaya naman napabuntong-hininga na lang siya inis, alam niyang wala siyang magagawa. Sandali siyang nanahimik kaya naman nagtimpla na lang ako nang kape, hirap na hirap ngunit sinikap na itago 'yon sa kaniya. **"Nakauwi na sina tito at tita?"**

"They were so worried about you but they can't stay that long," muli siyang bumuntong-hininga at pinag-aaralan ang mga kilos ko, naging maingat naman ako. **"May kinausap lang sila rito at kailangan din na bumalik agad sa Cebu,"** kuwento niya pa, mataman lang akong nakinig habang humihigop nang kape. **"What happened to you? Alam mo naman nang may lagnat ka, bakit nagpaulan ka pa rin kahapon?"** Kumilos siya upang pagsilbihan ako.

"Ayos lang ako, Yaz. Iba ang nagpaulan sa naulanan."

"Iyang utak mo ang iba, Maxpein!" Singhal niya, natulili naman ako sa sobrang tining nang kaniyang boses. **"Tell me, may nangyari sa inyo ni Deib, ano? Nagtalo kayo? Nag-away?"** Sunod sunod niyang tanong, ngumiti lang ako 'tsaka tumayo.

"Hindi masarap ang timpla nitong kape ko, papasok na lang ako," sabi ko 'tsaka dere-deretsong naglakad papalabas, naramdaman ko ang pagsunod niya.

"Sinabi nang 'wag ka ng pumasok!"

"May mga bagay na kailangan, Yaz."

"My God! Bakit ba ang tigas niyang ulo mo?"

"Walang mahirap intindihin sa kailangan kong pumasok, Yaz," inabala ko ang sarili sa pag-aayos nang motor, pakiramdam ko ay naging

doble ang bigat niyon.

"Pero kailangan mo rin ang makapagpahinga, hindi ka gagaling kung magmamatigas ka."

"Hindi ako nagmamatigas, Yaz, mas kailangan ko lang talagang pumasok. Kung maiintindihan ni Chupan ang sinasabi mong 'yan, hindi na ako mag-aabala pang bumangon."

"Fine! Then mag-taxi ka na lang!" Pasinghal niyang sabi ngunit huli na ang lahat, itinaas ko na lang ang aking kanang kamay bilang paalam. **"Maxpein! Hey! Maxpein!"**

Maingay...

"Baka maulanan ka na naman! Maxpein!" Muling sigaw niya pero pinaharurot ko na ang aking motor. **"Ugh! My God!"**

Pilit kong inisip ang normal na takbo nang araw na 'to. Binura ko ang lahat nang sinabi ni Sensui kahapon sa aking isip. At ang tanging laman nang utak ko ngayon ay kung paano akong makababawi sa kaniya. Kinailangan kong bagalan ang pagmamaneho, batid kong nakapag-iisip man ako ay hindi 'yon sapat. Posibleng maaksidente ako kung magmamadali ako. Kaya naman mag-a-alas dies na nang makarating ako sa school Agad akong dumeretso sa locker para kumuha nang mga gamit na hindi ko na nagawang asikasuhin kahapon. Nang paakyat ako ay nakasalubong ko lecturer sa dalawang naunang subject.

"Oh? Miss del Valle? Ang sabi ni Miss Marchessa ay a-absent ka dahil sa mataas ang iyong lagnat?" Tanong niya pa, pinasadahan nang tingin ang aking kabuuan.

"Pasensiya na, Miss, kailangan kong pumasok, eh. Pasensiya na rin kung um-absent ako." Sinserong sabi ko. **"Babawi na lang ho ako sa Monday."**

"No, it's okay. Pero sana ay hindi ka na lang nga pumasok, you don't look fine."

"It's okay, Miss," natuwa ako sa pag-aalala nito, sana lahat nang lecturers ko ay gaya na lang niya.

"Uminom ka na ba ng gamot mo?"

"Yes, Miss," naging natural tuloy ang ngiti ko.

"Huwag mong pagurin ang sarili mo, Miss del Valle, baka mas mapadalas pa niyan ang pag-absent mo," iiling-iling pang aniya. **"Sige na, go to your class."**

"Thanks, Miss," tanging naisagot ko, tinanguhan ko siya bago ako naglakad paakyat.

Sa isip ko ay sinisisi ko na ngayon si Naih pero sinisisi ko rin ang aking sarili dahil sa hindi paggising. Inayos ko ang aking sarili habang paakyat at nang marating ko ang floor nina Sensui ay sumilip ako roon. Siniguro kong hindi niya ako makikita o nino mang kaklase niya. Hindi ko maintindihan ang kakaibang saya na naramdaman ko sa aking dibdib nang masilayan ko ang mukha niya. Nakatingin siya sa lecturer nila habang abala sa pagsusulat.

Mukhang okay na okay siya.

Parang gusto kong magbago nang desisyon. Kung puwede lang sana ay mananatili na lang ako ro'n upang pagmasdan siya. Sa oras na ito ay wala akong gusto kundi ang makita ang mukha niya. Muling nangibabaw ang lungkot sa kabuuan ko, pinangingilid niyon ngayon ang aking mga luha, bagay na hindi ko naramdaman kahapon.

Ano ba ang biglang nangyari kahapon? Paano ko malalaman? Gusto kong malaman. Handa akong gawin ang lahat para malaman. Bigyan mo ako nang oras para pagpaliwanagan, makikinig ako, pangako.

Sandali ko pa siyang tinitigan, wala man lang nagbago sa hitsura niya. Nang makontento ako ay 'tsaka pa lamang ako nagdesisyong umakyat sa aming classroom. Gaya nang inaasahan ay nagulat ang lahat nang makita ako, para akong kaluluwa na naglalakad sa harapan nila dahil sa sobrang panlalaki nang kanilang mga mata.

"Oh? Bakit pumasok ka pa?" Pasinghal na tanong sa 'kin ni Naih pagkapasok ko.

Sabay sabay na nagsipagtayuan ang mga kaibigan namin at lumapit sa 'min. Hindi pa man sila nagsasalita ay nagtatanong na ang kanilang mga tingin. Umiwas ako at naupo na lang sa aking sila, wala pang lecturer kaya naman nagawa ko pang makahinga nang maluwang.

"Wala ba si ate sa bahay? Sinabihan ko siyang tingnan ka, ah? Ano ang ginagawa mo rito?" Muling banat ni Naih, nagpantig naman agad ang tainga ko.

"Puwede bang 'wag ka na munang maingay?" Malumanay ngunit mahihimigan sa 'kin ang inis. **"Gusto kong pumasok, kaya sa ayaw at sa gusto ninyo ay papasok ako."**

"Pero may sakit ka nga!"

"Hindi sakit ang lagnat, OA ka lang." Mahinahon kong tugon, natigilan naman siya. Nang hindi siya magsalita ay nag-angat ako nang tingin, nasa amin ang paningin nang lahat marahil ay dahil sa lakas nang aming boses. Bumuntong-hininga ako at tumingin sa aking kaibigan. **"Kahit ngayon lang, Naih, 'wag mong ibuka 'yang bibig mo,"** pakiusap ko, walang pakialam kung mainsulto ko siya. 'Yon lang talaga ang gusto ko ngayon, katahimikan.

Hindi siya nagsalita, pinukol niya ako ng masamang tingin 'tsaka padabog na naupo sa kaniyang puwesto. Hindi ko na nagawa pang tingnan sina BJ, Michiko at Migz, natulala na naman kasi ako sa ere at nag-isip.

Sa gano'ng lagay ay hindi ko rin nagawang makapakinig. Dumating na ang lecturer at nagsimulang magturo ngunit nanatiling naglalayag ang aking isip. Kung saan saan ito nakararating, binabalik-balikan ang kahapon at naghahanap nang sagot doon ngunit wala pa ring mahita. Lalong nakapaglulumo para sa 'kin ang mabigong makuha nang sagot kaiisip. Inuubos nang pag-iisip ang lakas ko ngunit iyon lang ang tanging paraan na meron ako para malaman kung paano nangyari ang lahat nang 'to.

Kinain nang oras ang atensyon ko kaya naman nagulat pa ako nang mag-ring ang bell. Parang binuhay bigla ang katawan ko, kakaibang pananabik ang aking naramdaman. Alam kong makakausap ko na ng maayos si Sensui at umaasa akong pagbaba ko ay babalik na uli kami sa normal.

Kalilimutan ko ang lahat nang sinabi mo, bumalik ka lang sa taong nakasanayan ko.

"Ano? Baka puwede nang magsalita?" Sarkastikong tanong ni Naih, gusto kong matawa talaga nang dahil doon. Hindi ko man lang napansing hindi pala talaga siya nagsalita, kunsabagay, wala sa kanila ang isip ko.

"'Uy, 'te! Baka naman himatayin ka diyan bigla, ah? Hindi ka magaan!" Pilit na biro ni BJ, alam kong gusto niya lang akong patawanin.

"Oo nga, Max? Bakit kasi pumasok ka pa?" May himig nang paninisi sa tinig ni Migz, kinapa niya pa ang leeg ko. **"Ang init mo, 'te! Diyos ko, nakakaloka ka! Puwede kang magpatayo nang sauna gamit 'yang hininga't kili-kili mo, 'te!"**

"Patingin nga," sabi pa ni Michiko na kinapa rin ako.

"Ang taray nang *patingin* mo, ah?" Banat dito ni Migz. **"Nasa palad ang mata mo, 'te?"** Nagtawanan sila, nangiti lang ako.

"Uminom ka na ba nang gamot, Max?" Baling muli sa 'kin ni Michiko.

"Oo, bago ako umalis sa bahay kanina," nakangiting sagot ko.

"Pumunta ka sa clinic." Nakangiwing utos ni Naih.

"Hindi na, nagugutom na ako, eh. Tara na," masigla ko pang anyaya.

"Hindi ka ba kumain sa bahay?" Tumaas ang kaniyang kilay.

"Hindi na, baka kasi ma-late ako, eh."

"Late ka na nga, 'di ba?" Sarkastiko pa ring tanong niya, galit talaga siya. **"Psh! Late ka na't lahat ay nagpalipas ka pa nang gutom? Nasaan ang utak mo ngayon, Maxpein?"**

Bumuntong-hininga na lang ako at hindi na tumugon, wala akong planong makipagtalo sa kaniya ngayon. Hindi na kami nag-usap-usap pa at dumeretso na lang sa canteen. Agad kong iginala ang aking paningin at agad din na nanlumo nang makitang wala ro'n ang sadya ko.

Sana ay bumaba na agad sila.

"O-order na ako," prisinta ko 'tsaka tumayo.

"'Oy! Teka! Anong o-order ka? Maupo ka na diyan at ako ang o-order nang para sa 'yo," muling banat ni Naih.

"Para sa 'min ni Sensui," sabi ko, natigilan naman siya ngunit hindi ko na 'yon pinansin. Nag-iwas ako ng tingin at tinanaw ang entrance. **"O-order na ako, pababa na ang mga 'yon."** Sabi ko pa.

"Max..." Pigil niya na naman sa 'kin, nilingon ko siya. **"Ako na ang o-order."**

"Pero--"

"'Wag ka nang mapilit. Sige na, ako na ang o-order, ha? Isang ulit ko pa ay bibigwasan na kita," hindi 'yon himig nang nagbabanta. **"Maupo ka na lang diyan."**

"Hindi mo naman alam kung ano ang gusto ni Sensui, eh."

"Pakikiramdaman ko, hehehe," pilit na biro niya 'tsaka sapilitan akong pinaupo. Sinenyasan niya sina BJ at Michiko na agad naman sumama sa kaniya. Kaya kaming dalawa ni Migz ang naiwan sa mesa.

"Nagkausap na ba kayo ni Mister Enrile, 'te?" Kapagkuwa'y tanong niya, natigilan naman ako at napatitig sa kaniya.

"Mm," tipig kong tugon, siya naman ang tumitig sa 'kin. Mababasa ang awa niya para sa 'kin kaya naman nagtaka ako. **"Bakit?"** Tanong ko pa.

"Ah, hehehe, wala," napipilitang tumawa na aniya 'tsaka nagkutkot nang kung ano. Napabuntong-hininga ako 'tsaka napatitig sa kaniya, nilingon ko pa sina Naih 'tsaka ako napailing.

Meron silang hindi sinasabi sa 'kin. Sinabi na kaya ni Sensui sa kanila 'yong napag-usapan namin?

Mayamaya lang ay nangibabaw na ang impit na tilian nang mga kababaihan, alam ko na kung ano ang ibig sabihin no'n. Kung dati ay naririndi ako sa paulit-ulit na ingay na 'yon, ngayon ay para akong nabuhayan. Nanlaki agad ang mga mata ko 'tsaka napalingon sa entrance, agad ko naman silang nasilayan. Pakiramdam ko ay iyon ang unang beses na makita ko siyang napakaguwapo. Hindi ko naiwasang mapangiti nang makita ko siyang maglakad papasok at papalapit sa gawi namin. Agad akong tumayo, dalawang jakbang na lang ay nasa harapan ko na sila.

Ngunit nilampasan niya lang ako, bagay na talagang ikinagulat ko.

Sensui...

Nagtataka akong nilingon siya ngunit nagdere-deretso lang siya papunta sa line. Doon ko lang napansin ang mga kaibigan niyang natigilan din at nakatnaw sa kaniya. Pakiramdam ko ay nagtayuan ang lahat nang mga balahibo ko, batid kong nasa amin ang paningin ng lahat kaya naman inihanda ko na ang aking sarili sa kasunod na kantiyaw. Hindi ko maipaliwanag ang maintinding panlulumo ko, namalayan ko na lang ang aking sariling napaupo.

Tapos na nga...

"M-Max..." Nangibabaw ang tinig ni Migz, nilingon ko siya at mababasa sa mukha niya ang simpatya. Para bang mas malungkot pa sa 'kin ang kaniyang mga mata kaya naman hindi ko napigilang magtaka. **"Alam na namin,"** aniya dahilan upang kumunot ang noo ko. **"Alam na naming lahat na break na kayo."**

"Sinabi niya 'yon?" Mahinang tanong ko, mas nanghihina ako, agad siyang tumango.

"Kanina kasi ay pinuntahan siya ni Naih para komprontahin, doon siya umamin kaya nalaman namin," napapayukong kuwento niya, wala akong nasabi at nagawa kundi ang makagat ang sariling labi.

Nilingon ko sina Tob at Lee na kasalukuyan namang papalapit sa 'kin. Makikita ang pag-aalala sa mga mukha nila ngunit hindi ko 'yon magawang tugunan ng ngiti. Pakiramdam ko ay sinesentensyahan ako sa oras na 'to, bumibigat ako sa aking kinauupuan. Sa simpleng pakikipagpalitan nila nang tingin sa 'kin at kay Migz, para kaming kusang nagkaintindihan.

"Hindi ko siya makausap nang maayos, eh," biglang ani Tob, tiningala ko naman siya. **"I swear I've been trying so hard to talk to him seriously**

but he keeps on laughing," nauubusan ng pasensiyang aniya. **"Hindi ko siya maintindihan ngayon."**

"Would you mind telling us what happened?" Seryosong tanong ni Lee, nakipagtitigan naman ako sa kaniya. **"Alam kong nahihirapan ka pero gusto rin namin na makatulong. Hindi kami makakatulong kung hindi namin malalaman, Maxpein."**

"I don't know." Nanlulumong sagot ko, natigilan naman silang pare-pareho. **"Hindi ko alam kung bakit kailangang magkaganito bigla,"** iiling-iling pang dagdag ko, bumalatay ang pag-aalala sa kanilang mukha.

Sa oras na 'yon biglang bumalik ang iba pa naming kasama kaya naman hindi ko na nagawang ituloy pa ang nais sabihin. Kitang kita ko ang paraan nila nang pagtitinginan sa isa't isa at hindi nila maitatanggi na may nalalaman silang lingid sa aking kaalaman. May napag-usapan silang hindi ko narinig.

"Ano ang sinabi ni Deib?" Seryosong tanong ko, natiglan naman agad si Naih 'tsaka deretsong tumingin sa 'kin na agad kong sinalubong.

Ngunit sadyang naging napakatagal bago siya makapagsalita. Pinukol ko siya ng masamang tingin ngunit napabuntong-hininga lang siya, makailang beses 'yon bago pa siya nakapagsalita.

"Break na kayo," mahinang aniya at doon ko lang naramdaman ng tuluyan ang kirot sa puso ko, inaasahan ko 'yon pero hindi ko akalaing magiging ganito kasakit.

Napapikit ako 'tsaka huminga nang sobrang lalim. Biglang nanginig sa ilalim nang mesa ang dalawang kamay ko kaya naman pinagsalikop ko ang mga 'yon upang mabawasan kahit na papaano. Tumingin ako kay Naih, hindi pa man ako nagsasalita ay parang alam niya na ang aking sasabihin. Mababanaag ang simpatya, inis at awa sa mga mukha nila. Paniguradong gaya ko ay naghahalu-halo ron ang kanilang emosyon sa ngayon.

"Sinugod ko siya kaninang umaga dahil balak ko sana siyang awayin. Dahil sobrang taas nang lagnat mo kaninang umaga bago ako umalis, Maxpein. Pero hindi pa man ako nakapaglilitanya ng matindi ay sinabi niya nang *"Your friend and I just broke up. Oh, erease that, I was the one who broke up with her since I was like the only one thinking about having a realationship with her."* in very sarcastic way," kuwento pa niya na ginawa ang paraan nang pananalita ni Sensui. **"Hindi ko alam kung ano ang sasabihin ko. May sakit ka ngayon at iyon ang inaaalala ko."**

Parang bumagsak ang resistensya ko at unti-unting nangibabaw sa 'kin ang sakit. Wala akong ibang marinig kundi ang kabog sa dibdib ko, tinutuliro ako nang nagwawala kong sistema. Dahan dahan akong nag-angat nang tingin at eksaktong pagtingin ko sa entrance ay ang nagsalubong ang paningin namin ni Kim. Mababasa sa mukha niya ang takot at simpatya ngunit hindi ko 'yon magawang maintindihan sa ngayon. Lalo akong nalilito sa paraan niya nang pagtingin sa 'kin. Ngunit natinag ako nang mangibabaw ang bulungan nang karamihan nang lumapit sa kaniya si Sensui. Pinanood ko kung paanong nagpakawala nang isang matamis na ngiti si Sensui sa harapan ni Kim na nasa akin naman ang paningin. Nasaksihan ko rin kung paanong lumapit si Sensui sa kaniya, marahang kinuha ang kamay 'tsaka sila sabay na naglakad papunta sa table.

Heto na ba agad tayo?

KIM'S POV

Alam ko pero hindi ko maintindihan kung bakit pumapayag ako sa ganitong set-up namin ni Deib. Hindi ko puwedeng itanggi sa aking sarili, alam kong ginagamit niya lang ako. Ayaw ko man isipin na nagpapagamit ako pero 'yon ang totoo, 'yon na talaga ako.

I'm sure that he's just making her jealous.

Sigurado ako at alam kong ginagawa niya lang 'to para ipakita kay Maxpein na okay siya at hindi nasasaktan. Hindi ko alam kung ano ang nangyari sa kanila, wala rin ako maski na anong ideya. Pero hindi ako tanga, hindi ako manhid. Hindi ko man malaman kung anong itatawag sa kasalukuyang ginagawa namin. Isang bagay naman ang nasisiguro ko, nasasaktan siya nang husto.

Pero hindi niya ba alam na makapananakit din siya ng ibang tao sa ginagawa niya?

"Let's go?" Nakangiting anyaya niya sa 'kin nang sunduin ako sa mismong entrance nang canteen, ikinagulat ko 'yon pero hindi ako nagpahalata. Mula sa kinatatayuan ko ay kitang kita kami nang grupo nina Maxpein. **"Um-order na ako nang foods, hindi ako sigurado kung magugustohan mo pero sana ay kainin mo pa rin,"** aniya pa 'tsaka inalalayan akong maupo.

Ah, so, gusto niya lang talagang ipakita sa kanila 'tong ginagawa niya. I mean, gusto niyang ipakita sa kaniya.

Hindi agad ako nakapagsalita, hindi ko rin nagawang tingnan ang mesa na isinenyas niya. Tumingin ako nang deretso sa mga mata niya, hindi ko pa

rin maiwasan ang magtaka. Kaya naman bahagya pa siyang nagulat nang makitang nakatuon sa kaniya ang paningin ko.

"What is the problem?" Inosenteng tanong niya, napabuntong-hininga naman ako.

"Why are you doing this?" Seryosong tanong ko, kumunot naman ang noo niya 'tsaka napabuntong-hininga rin.

"Doing what?" Tiim-bagang nang tanong niya, nagsisimula na siyang mainis.

"You're using me to make her jealous, I'm aware of that. Just give me a reason why the hell are you doing this?" Pamamrangka ko, natigilan naman siya 'tsaka muling hinarap ako.

Kung ako ang tatanongin ay mahahalatang nagtatalo kami sa gitna nang maraming tao. Wala akong pakialam dahil gusto ko talagang malaman ang sasabihin niya ngayon. Kami lang ang nakatayo sa gitna nang maraming nakaupo, agaw-pansing talaga.

"*Jealous*?" Pinagkadiinan niya 'yon, sarkastiko at nakakaloko ang ngiti niya. **"Hahaha, where the hell did you get that, Kimeniah?"** Pilit niyang hinihinaan ang boses upang bukod sa 'min ay wala nang ibang makarinig. **"Ano ang nakain mo at naisip mong ikaw 'yong tipo ng taong pagseselosan niya?"**Natigilan ako at napatitig ng masama sa kaniya. **"'Wag kang magsalita na parang bang meron kang alam, Kim, dahil wala kang alam. The things that you know about me are the things that I chose to show you. I am not making her jealous but I'm doing this for her."**

"Why?"

"Just eat your food." Nakangising sagot niya 'tsaka ako hinila paupo, iyong paraan nang paghila na hindi ipagtataka nang nakakakita. **"And never ask about her again,"** seryosong utos niya, kinabahan naman ako 'tsaka nagsimulang kumain.

I can't understand you, Deib. I just can't.

Ganiyan na siya simula pa kahapon pero hindi ko pa rin maintindihan hanggang ngayon. Wala akong alam sa nangyari pero nararamdaman kong merong hindi magandang nangyari. Gusto kong malaman pero mukhang kakailanganin ko pa ng karapatan. Nararamdaman ko ang masakit na aura na inilalabas nang katawan niya.

You're confusing me, Deib. Feeling ko tuloy ay ako mismo ang nasasaktan para sa kaniya.

"It's my birthday tomorrow," mayamaya ay sabi niya, natigilan naman ako sa pagsubo 'tsaka nag-angat nang paningin. 'Ayun na naman 'yong blangko at malamig niyang pakikitungo. Nanatili siyang nakatingin sa mga food habang nakamasid ako sa kaniya. **"I want to hear your final answer,"** dagdag niya at saka palang ako tiningnan, bahagya pa akong napaatras dahil sa talas nang kaniyang tingin. **"Are you willing to be my girlfriend?"** Seryosong tanong niya.

Sunod-sunod ang naging paglunok ko, hindi ko maipaliwanag ang haplos na naramdaman ko sa aking dibdib. Aaminin kong sa oras na 'to ay gustong gusto ko ang paraan niya nang pagkakatanong. Seryoso at may kung anong lungkot sa mga mata niya pero maigi na 'yon kompara kahapon na halatang napipilitan lang siya. Hindi ako makapaniwalang sa oras na 'to ay posibleng mangarap pa rin ako. Aaminin kong sa isip ko ay ini-imagine kong tinatanong niya 'yon dahil mahal niya ko at bukod do'n ay wala ng ibang rason.

"I'm asking you, Kim."

"D-Deib..."

"Yes... or no?"

Hindi pa rin ako nakasagot, I'm so confused and I can't think. Nabibigla pa rin ako sa mga sinasabi niya bagaman nando'n sa 'kin ang kilig. Hindi ko alam kung saan ako kukuha nang isasagot sa kaniya na sa huli ay wala akong pagsisisihan. Masiyado siyang cold at nagsisimula kong katakutan ang paran niya nang pagtingin.

Sa t'wing titingin siya sa 'kin, feeling ko ay matutusok ako dahil sa super talas niyang tingin. Ang bilis bilis nang tibok ng puso ko and that's the only thing that I can hear right now. I want to ask him but I'm afraid na hindi niya iyon magustohan at bigla niya na naman akong masigawan.

He's just using you, Kimeniah! Are you going to allow that? Damn it! I hate making decisions!

"I'm waiting, Kimeniah," dagdag niya, mas na-pressure ako. **"Yes... or no?"**

Think about it, Kim! Think hard!

Lalo akong nalilito, natutuliro sa dapat na isagot sa kaniya. Kung puso ko ang susundin ko ay oo agad ang aking sasabihin. Pero kailangan ko ring mag-isip, ayaw kong magsisi at maging pinakakawawa sa huli. Hindi nagbabago ang bilis nang pulso ko at talagang gulong gulo ang isip ko.

Honestly, this is what I'm waiting for. He's offering me something na ilang araw--ilang linggo ko rin na iniyakan. He's giving me a second chance and he's waiting for my answer. Decide now, Kim! Pero... kung papayag akong magpagamit sa kaniya, ano ang mapapala ko? Alam kong hindi na ako ang mahal niya! Ano na lang ang magiging papel ko? Psh! Pero bahala na, sa ngayon ay mahal ko talaga siya at nangingibabaw ang puso ko. Bahala na.

"Yes," walang bahid nang pag-aalinlangang tugon ko, nagliwanag naman ang mukha niya ngunit kulang pa rin para masabing masaya siya. **"But in one condition,"** dagdag ko, agad namang kumunot ang kaniyang noo.

"What?"

"Kalimutan mo na siya."

"What?" Natatawang tanong niya, tumitig lang ako sa kaniya at hindi nagsalita. Ipinatanong niya ang magkabilang siko sa table at nakapangalumbabang tumingin sa 'kin. Nakakainsulto ang kaniyang ngiti. **"Ikaw nga ay hindi ko nagawang kalimutan, siya pa kaya? Don't give me such stupid conditions, Kim.**"Ilang beses siyang umiling 'tsaka tatawa-tawang nagtuloy lang sa pagkain. **"Are you done?"** Tanong niya mayamaya, tumango naman ako. **"Hindi na kita maihahatid sa room niyo dahil tinatamad akong umakyat. Magkita na lang tayo mamaya sa parking lot. Ihahatid kita--"**

"Hindi na," tanggi ko.

"Ihahatid kita," pagmamatigas pa niya at saka pa lang tumayo. **"See you later."** Dagdag niya 'tsaka iniwan ako.

What the hell is this? This is it? Ano ba ang pinapasok mo, Kimeniah? Stupid!

Wala akong nagawa kundi ang panoorin siyang maglakad papalayo. Siyempre, hindi mawawala sa 'min ang ilang paningin na dati ko nang nakasanayan. Paniguradong nagtataka rin ang mga ito kung bakit biglang magkasama na naman kami samantalang naroon din si Maxpein.

LEE'S POV

Wala akong maintindihan sa nangyayari at alam kong hindi lang ako ang ganito. Alam kong lahat kami ay pare-parehong nangangapa sa nangyayari sa pagitan nina Maxpein at Deib. Maging si Tob ay nahihirapan anng magbiro ngayon dahil hindi namin pareho mahuli ang mood nang kaibigan namin ngayon. Masiyadong malamig ang pakikitungo niya ngunit sa isang

banda ay bigla mo siyang makikitang tumatawa kahit wala namang nakakatawa. Hindi rin siya madaling kausapin ngayon dahil wala kang mahihitang matino na sagot mula sa kaniya. Pabalang lagi kung sumagot at wala sa hulog ang mga biro niya. Kaunting pahaging ni Tob ay sinasamaan niya ito ng tingin na animong napakalaking atraso no'n. 'Tapos ay 'tsaka siya babalik sa ginagawa na animong walang narinig.

Walang nakaaalam kung ano ang tunay na nangyari sa kanila. Pero hindi kailanman naging tama para sa akin na mauwi sa ganito ang relasyon nila. Wala akong makitang tama, Deib. Maling mali ang laman ng isip mo. Tingnan mo kung ano ginawa mo sa taong mahal mo, nasasaktan siya at mararamdaman nang kahit na sino 'yon ngayon. Masiyadong masakit ang sakit na nagmumula sa kaniya. Nasasaktan mo siya. Sinasaktan mo siya.

Nilingon ko si Max, halatang napipilitan lang siyang kumain, nilulunok ang maalinsangang kapaligiran. Kung dati ay walang reaksyon ang mukha niya, kahanga-hangang nagagawa niyang gawin 'yon ngayon ngunit makikita at mararamdaman ang sakit. Kakaiba talaga siya.

Sobrang tahimik niya na animong nag-iisa lang. Nag-aalala ako sa t'wing magpupunas siya nang mukha dahil pakiramdam ko, anomang oras ay may tutulong luha sa mga pisngi niya. Para kaming mga tangang sobra sa tahimik at nagpapakiramdaman. Lahat kami ay nasasaktan para sa kanilang dalawa ni Deib lalo na at si Kim ang kaniyang kasama kanina.

"Sorry," biglang naiusal ko, natigilan ang lahat at napatingin sa 'kin maliban kay Max na siya mismong tinitingnan ko ngayon. Natigilan din siya ngunit muli ring nagtuloy sa pagkain. **"Alam kong ayaw mong makarinig nang sorry mula sa taong wala namang ginawa sa 'yo pero gusto kon mag-sorry sa 'yo dahil alam kong nasasaktan ka ngayon--"**

"I don't wanna talk about it," biglang sagot niya kaya napabuntong-huminga.

Pero hindi ako nagtigil. **"Hindi ko alam kung ano ang nangyari sa inyo pero sa tingin ko ang pinakamagandang gawin niyo ngayon ay mag-usap na muna? 'Yong kayong dalawa lang."**

"Wala akong sasabihin sa kaniya, eh."

Hindi ko malaman kung ano ang mararamdaman ko sa isinagot niya. Hindi ko alam kung biro na ba sa kaniya 'yon pero iba ang dating sa 'kin.

Bakit ba siya ganiyan?

"Max..." Naiusal ko na lang.

"Hindi ako makapaniwala sa nangyayari," galit ang tonong sabat ni Zarnaih, nilingon naman siya ng lahat. **"Bakit kailangang magkaganito? Ayos na ayos naman kayo kahapon, 'di ba? Bakit biglang nagkaganito? Para kabute ang lintek na problemang 'to! Tumubo sa semento ang king ina! Alam nang wala siyang puwesto ro'n, eh, nagpumilit pa rin!"** Doon nagsimulang mamuo ang tensyon sa ibabaw nang mesa namin.

"'Wag na nating pag-usapan," pakiusap ni Max.

"Hindi, eh. Anong 'wag ng pag-usapan? Papayag ka na lang ba ng ganiyan? Ano ka ba?" Singhal sa kaniya ng kaibigan, nanatili naman siyang nakayuko sa kaniyang kinakain. **"Ayos kayo kahapon tapos biglang ngayon ay break na kayo? Wow! Ang ganda nang schedule niyo, ah? Sabihin mo nga sa 'kin? Ano ang nangyari sa inyo kahapon?"**

"Hindi ko alam."

"Anong hindi mo alam?" Galit pa ring tanong ni Zarnaih, hinawakan ko ang braso niya upang pigilan siya. Nilingon niya ako, binigyan ko naman siya ng makahulugang tingin, nakikiusap.

Stop it.

"Hindi puwedeng ganito na lang, Max. Hindi siya patas!" Malas na namang sabi ni Zarnaih, nanatiling tahimik ang kaibigan. Halos kaming lahat ay nakatingin lang sa kanilang dalawa at hindi na magawang sumabat pa dahil mararamdaman na ang tensyon na namumuo sa kanilang pagitan. **"Naiintindihan kong nasasaktang kayong pareho--natural 'yon dahil mahal niyong isa't isa! Pero hindi naman tama na ganito na lang, Max? Hindi tayo naglalaro rito,"** natatawa kunyaring usal niya 'tsaka muling sumeryoso. **"Mag-usal kayo."**

"Ano ang sasabihin ko?" Hindi kakikitaan ng interes si Maxpein.

"Kung bakit kailangang umabot sa ganito? Bakit break agad? Kung nasaktan mo siya, paano? Sa anong paraan? Bakit hindi siya nagpapaliwanag? Bakit siya nakipag-break? Bakit si Kim? Ano ang meron kay Kim? Bakit kailangan na magkasama na naman sila ni Kim? Ano ang gusto niyang palabasin?"

"Naih, marami pa akong kailangan na problemahin kaysa diyan."

"Ano?" Hindi makapaniwalang tanong ni Zarnaih.

"Kung 'yon ang gusto niya, eh, di hayaan mo na lang. Marami pa akong dapat problemahin kaysa sa kaniya."

"Max..." Parang nakikiusap na namang ani Zarnaih. **"Aminin mo man o hindi, alam ko na nasasaktan ka! Anong maraming dapat**

problemahin? Psh! Eh, kailan ka ba naman nawalan ng problema, ha? Hindi naman, 'di ba? Dumagdag pa nga siya! 'Wag kang pumayag ng ganiyan!"

"So ano nga ang gagawin ko? Lalapitan ko siya at itatanong lahat nang itinanong mo?"

"Oo!"

"Bakit nga?"

"Dahil 'yon ang tama!" Pasinghal na ani Naih, muling natigilan si Maxpein at muling mapayuko sa kinakain. **"Dahil girlfriend ka niya at hindi porket nakipag-break na siya ay papayag ka na lang basta! May karapatan ka pa rin na komprontahin siya at alamin kung bakit nauwi sa gano'n ang kaniyang desisyon!"**

"Hindi ako interesadong malaman."

"Maxpein..." Nauubusan ng pasensiyang ani Naih, mas mababa na ang kaniyang tono. Napabuntong-hininga na lang ang kaibigan dahil halatang nakukulitan na ito sa kaniya. **"Kahit ngayon lang ay kausapin mo siya. Tanongin mo siya. Dahil sinasabi ko sa 'yo, kung hindi mo aalamin ang mga dahilan niya ay puwedeng magsisi ka."**

"Alam ko na, sinabi niya na."

"Tapos?" Isinugod ni Zarnaih ang mukha sa kaibigan.

"Naiintindihan ko 'yong desisyon niya."

"Na ano?"

"Na nasasaktan ko siya."

"Max?"

"Naih, hindi pa ako handang pag-usapan ang lahat ng 'yon. Ang gulo gulo nang utak ko at hindi ko alam kung ano ang uunahin dahil sa dami nang laman nito," itinuro niya pa ang sentido. **"Ayaw kong pag-usapan dahil mas gusto kong mag-isip."**

"Kailan niyo pa pag-uusapan kung gano'n? Kung kailan pareho na kayong naka-move on?" Sarkastinong tanong ni Zarnaih, hindi naman nakasagot ang kaibigan. **"Hindi puwede, pag-uusapan niyo 'yan. Ngayon."** Pagmamatigas pa nito.

"Sa tingin ko ay tama si Naih, Max," alanganing sabat ni Tob pero walang lumingon sa kaniya, lahat kami ay nanatiling nakatingin kay Maxpein. **"Sinubukan ko rin na kausapin si Deib pero hindi ko siya makausap ng ayos. Sa tingin ko ay kayong dalawa lang ang makakapag-usap ng maayos. Birthday niya na bukas kaya snaa ay**

magkaayos kayo ngayon bago pa man dumating ang araw ng bukas. Sana ay maayos niyo 'yan at bumalik na kayo sa dati." Napayuko si Max, mas bumigat na ang buntong-hiningang pinakawalan niya.

"Wala akong maisip na dapat pang sabihin. Masiyadong masama ang pakiramdam ko para makipagtalo pa sa kaniya," mahinang sabi ni Maxpein.

"Bakit ka naman makikipagtalo kung puwedeng makipagbati ka na lang?" Sarkastikong tanong ni Zarnaih.

"Hindi naman kami nag-away, eh, bakit ako makikipagbati?"

"Ah, kaya gagawa ka ng pag-aawayan niyo? Ang talino mo rin, eh, 'no? Psh! Stop me! Makipagbalikan ka sa kaniya!"

"Kapag ayaw niya na, ano ang gagawin ko? Siya ang nakipag-break tapos ako ang makikipagbalikan? Anong klaseng kalokohan 'yan?"

"'Yan ang hirap sa 'yo, eh, pinaninindigan mong masiyado 'yang pagiging hambog mo! Kesehodang mawalan nang importanteng tao sa buhay, manatili lang na namamayagpag ang pride!"

"Dahil hindi ako katulad mo!" Sa unang pagkakataon ay nagtaas ng boses si Maxpein dahilan upang matigilan kaming lahat, maging ang ilan malapit sa 'min ay napalingon. **"Hindi ako gaya mo na mabilis maka-cope up, mabilis makaintindi, mabilis makapag-isip--Naih, hindi ako gano'n. Heto ako,"** dagdag niya na itinuro pa ang sarili. **"Kung 'yon ang desisyon niya ay marunong akong rumespeto kahit papaano. Kung hindi mo 'yon matanggap ay hindi na rin 'yon problema. Sa ngayon ay sinasabi ko sa 'yong mas gusto kong mag-isip."**

"So tatanggapin mo na lang? Kahit nasasaktan ka ay accept-accept na lang then move on? Wow! Sino ang magsa-suffer sa ending? Ikaw lang? Mananahimik ka na naman sa isang tabi at buong mundo ang mag-a-adjust sa 'yo kasi ganito ka--ganiyan ka? Gano'n? Tapos ilang taon ka na naman na mababuhay ng tahimik at nasasaktan? Kasi inuna mo na naman ang pride mo dahil akala mo ay tama ang lahat ng laman niyang utak mo?" Dinuro niya pa ang sentido nang kaibigan.

"Shut up," mahinang pakiusap ni Max sa kaibigan ngunit hindi ito natinag.

Tumayo si Zarnaih at hinila ang kaibigan. **"Tumayo ka diyan!"** Patulog siya sa paghila rito.

"Zarnaih," tumayo rin ako upang pigilan ang nobya ko.

"Tumayo ka diyan, Maxpein, kakausapin natin si Deib," nanggigigil nitong dagdag, wala akong nagawa kundi ang magkamot ng ulo. **"Tumayo ka diyan, dalian mo!"** Walang nagawa si Maxpein kundi ang magpatinuod sa kaniya.

"My God, maloloka ako sa teleseryeng 'to," dinig kong bulong ni BJ. **"Ang lakas maka-Robin Padilla ni bakla,"** sabi nito kay Migz habang nakaturo kay Maxpein.

"Kung ikaw ay papayag na masaktan na lang basta basta, ako--hindi! Kasi alam kong mahal niyo ang isa't isa! Pareho lang kayong hindi makaintindi!" Singhal pa ni Zarnaih habang hila hila ang kaibigan paakyat sa building namin, wala akong nagawa kundi ang umalalay na lang sa kanila.

Sumunod kaming lahat sa kanila hanggang sa tuluyan naming marating ang room namin. Nakita namin si Deib na mag-isang nagsa-soundtrip sa loob nang classroom. Magkakrus ang dalawang braso habang nakapikit at nakapande-kuwatro.

"Deib Lohr Enrile!" Sigaw ni Zarnaih ngunit siya narinig nito.

Nanggigil si Zarnaih nang wala siyang matanggap na tugon dito. Kaya naman dali-dali siyang lumapit at sinipa ang dalawang upuan sa harap na siyang ikinatinag ni Deib. Sinamaan siya nang tingin nito ngunit hindi nagpatinag ang aking nobya, mas masama ang tingin niya sa aking kaibigan. Isa-isa pa muna kaming tiningnan ni Deib, masama ang tingin niya, 'tsaka muling bumalik sa kaninang puwesto niya at pumikit. Agad na binitiwan ni Zarnaih ang kaibigan at muling lumapit kay Deib, sinipa ang katabi pa nitong silya 'tsaka hinablot ang earphones sa tainga nito.

Galit siyang tiningala ni Deib 'tsaka agad na tumayo. **"Ano ba ang ginagawa mo?"** Sigaw niya, nagsamaan sila ng tingin at animong nagbabaga ang pagitan nila. **"Ano na naman ba ang problema mo, ha, Parrot?"** Isinugod ni Deib ang mukha sa kaharap.

"Mag-usap kayo!" Singhal ni Zarnaih.

Sumunot naman ang noo ni Deib at nilingon ang nobya. **"Tungkol saan?"** Pero hindi siya sinagot ni Max, tanging buntong-hininga ang narinig dito kaya muli siyang bumaling kay Zarnaih. **"Ano bang trip mo?"**

"Bakit ka nakipag-break sa kaniya?"

"Eh, ano ang pakialam mo?"

"Kaibigan ko siya!"

"Oh, eh, ano naman? Nasa loob ka ba nang naging relasyon namin, ha? Kaibigan ko rin naman ang mga ito," itinuro niya kaming dalawa ni Tob. **"Pero hindi naman nila ako pinakikialaman. Kaibigan ba kita?"** Mayabang na tanong pa ni Deib, gusto kong magprotesta sa ginagawa niyang paninigaw sa girlfriend ko.

"Tigilan mo ako sa pamimilosopo mo dahil alam kong alam mo ang pinupunto ko! Mag-usap kayo ni Maxpein! Alam kong hindi malinaw sa inyong pareho kung bakit kayo nagkakaganito!"

"Alam mo naman pala, eh, bakit nagpupumilit ka pa? Kung alam mo naman pala na hindi malinaw 'to sa 'ming dalawa, bakit nangingialam ka pa? Sa tingin mo ay lilinaw ang lahat nang 'yon kapag um-epal ka? Hahaha! Gano'n ka ba katalino para paliwanagin ang mga malalabong usapan nang iba?" Pasinghal at sarkastinong tanong ni Deib, makikita ang galit sa mga mata niya.

"May sakit siya!" Sigaw ni Zarnaih, sabay sabay kaming napalingon nang matigilan si Deib.

Bahagya siyang napatitig sa huli 'tsaka dahan dahang nilingon ang nobya na kasalukuyang nakatungo lang at gaya nang nakasanayan aywalang emosyon ang mukha. Nakatingin lang sa sahig at nakikinig sa usapan nang mga kaharap. Ilang segundo ring tumitig si Deib kay Maxpein 'tsaka napapabuntong-hiningang bumaling kay Zarnaih.

"Anong sakit?" Pilit niyang itinatago ang pag-aalala.

"May lagnat siya, kahapon pa. Pero kahapon nang hapon ay ayaw niyang umuwi dahil gusto ka niyang makasama. Umuwi siya kahapon nang basang basa sa ulan galing sa paghihintay sa 'yo dahil ang sabi mo ay susunduin mo siya. Pero sa huli ay umuwi siyang naulanan. Kaya ngayon? Puputok ang thermometer kapag isinalpak ko sa kili-kili niyan!" Sumbat na Zarnaih, napakarap naman ng sunod sunod si Deib habang nakikinig sa kaniya. **"May sakit na nga siya, ganiyan ka pa ring makisama sa kaniya?"** Binigyan niya ito ng hindi makapaniwalang tingin. **"Nasaan na 'yong Deib na isang sulyap lang ni Maxpein ay nagtatatalon na sa tuwa? Nasaan na 'yon Deib na nagiging demonyo kapag may umaaway kay Maxpein? Kung may pinag-awayan kayong dalawa, hindi ba puwedeng pag-usapan niyo na muna ng maayos bago kayo mag-break? Kasi... kahit na kaibigan niya lang ako ay nasasaktan ako para sa inyong dalawa! Nasasaktan din ako lalo na't alam kong mahal na mahal ninyo ang isa't isa--"**

"Ano ba ang sinasabi mo diyan?!" Bulalas ni Deib dahilan upang pare-pareho kaming matigilan at gulat na mapatitig sa kaniya. **"Sa tingin mo ba ay nagkaganito kami ng biglaan, ha, Parrot? Hindi."** Napahiya si Zarnaih. **"Bago kami umabot sa ganito ay nakapag-usap na kami, siyempre, hindi ka naman kailangan sa usapan na 'yon kaya hindi ka na namin isinama para maging saksi at tagapakinig. Makakapag-usap naman kami ng wala ka, eh, makakapagdesisyon ako kahit wala ka. Bago kami umabot sa ganito ngayon ay nakapag-usap kami kahapon at hindi ko na kasalanan 'yon kung hindi mo narinig,"** mahabang paliwanag niya, lalo namang napahiya si Zarnaih at hindi nakapagsalita. **"Ha! Ahh..."** Tumangu-tango pa si Deib. **"Kaya mo sinasabi sa 'kin ito ngayon dahil inaasahan mong maaawa ako sa kaniya kapag nalaman kong may sakit siya?"** Sarkastikong dagdag niya pa. **"Inaasahan mong kapag sinabi mo sa 'kin na inaapoy siya ng lagnat ay babalikan ko siya at magkakandarapa akong suyuin siya? Gano'n ba, ha, Parrot? Hahaha! Lintik na imahinasyon 'yan? Saan 'yan nanggaling?"** Nakakalokong tanong pa niya habang nakangisi. Nang hindi makasagot ang kaharap ay 'tsaka palang siya sumeryoso at 'ayun na naman ang hitsura niyang galit. **"Kung gano'n ay nagkakamali ka, dahil kahit kumbolsiyonin 'yan sa harap ko ay hindi ko na siya babalikan,"** pagtatapos niya sa usapan.

Natulala kaming lahat sa kaniya. **"Deib..."** Lumapit sa kaniya si Tob ngunit hindi man lang siya nilingon nito.

"Alam mo? Hindi sa lahat nang oras ay magandang nakikialam sa gulo ng iba ang kaibigang tulad mo. Dahil nagmumukha kang trying hard, eh. Gaya na lang ngayon," ngumisi pa si Deib sa kaniya. **"T.H. na T.H. na ang dating mo--"** Hindi niya nagawang tapusin ang sasabihin nang sampalin siya ni Zarnaih.

Napahawak si Deib sa sariling pisngi nang dahil sa sobrang lakas nang pagkakasampal sa kaniya. Dinilaan niya pa gilid nang labi 'tsaka ngumisi nang bahagya bago pa muling lingunin ang kaharap. Galit na galit ang mga tingin ni Zarnaih sa kaniya.

"Kung trying hard ako, lintik ka, ano ka pa?" Bulalas na naman nang aking nobya. **"Wala nang mas ta-trying hard pa sa 'yo, Deib! King ina kung puwede nga lang gawing description nang pagkatao ang salitang trying hard ay puwedeng puwede nang idikit ang pangalan mo dahil sa sobrang lapit mo sa ibig sabihin nang T.H.! Ano ang sinabi mo? Kahit**

kumbolsiyonin siya sa harap mo ay hindi mo na siya babalikan? Hahaha! Go to hell!" Palahaw niya rito, napalingon pa ako sa labas nang room, kinakabahan akong baka may makakita sa 'min dito. **"Siguraduhin mo lang na kaya mong panindigan ang lahat ng sinabi mo. Dahil kapag dumating sa puntong ma-realize mong mali ka, ako mismo ang hahadlang sa 'yo! Kesehodang magmakaawa ka pa at lumuhod sa harap niya! Ngingitian lang kita at saka kita pa-fuck you-han nang trenta!"** Mariing banta ni Zarnaih 'tsaka hinila palayo si Maxpein. **"Tara na! King inang 'yan! Papogo masiyado, eh, mukha namang joker! Letse!"**

Sandaling napukol ang paningin ko kay Deib, hindi na rin tuloy malaman kung ano ang dapat na gawin. Nag-aalala ako para sa kaibigan ko pero ako man ay tutol sa ginagawa at mga sinabi niya. Puwede pa rin naman niyang ibahagi sa 'kin kung anoman ang pinagdaraanan niya at handa talaga akong makinig. Pero sa ngayon ay na kay Maxpein ang panig ko, alam kong hindi 'yon patas pero 'yon na muna ang gusto kong gawin ngayon.

It's between my girlfriend and my bestfriend. Tsh. Nobody asked me to choose anyway.

"Mauna na kayo, magkita na lang tayo mamaya," dinig kong sabi ni Tob sa nobya, sinulyapan naman ako nang mga ito bago tuluyang nagsialis.

Naiwan kaming tatlo at nananatiling tahimik ang pagitan namin. Naupong muli si Deib at saka isinalpak ang earphones sa tainga ngunit agad iyong hinablot ni Tob. Hindi naman siya pinansin ni Deib 'tsaka muling inilagay sa tainga ang earphones na muli na namang hinila ni Tob at halos ibato na sobrang galit.

"Ano ba? Pati ba naman ikaw?" Singhal ni Deib dito.

"Makikinig ako," seryosong ani Tob, tinitigan naman siya ng kaharap. **"Sige na, makikinig ako."**

"Oh!" Inis na iniabot ni Deib ang earphones at cell phone niya kay Tob, nanlaki naman ang mga mata ko.

"Ano 'yan?"

"Ang sabi mo ay makikinig ka? 'Ayan na!" Singhal niya 'tsaka bumulong. **"Badtrip, minsan ka na nga lang makapag-soundtrip, um-epal pa."**

"Bopols!" Bulalas ni Tob, halos kagatin ko naman ang sariling labi upang mapigilan ang matawa.

Kahit kailan ay ang tanga niya. Tsk tsk!

"Ano na naman?" Singhal muli ni Deib 'tsaka binawi ang cell phone at earphones.

"'Yong tungkol sa inyo ni Maxpein ang sinasabi ko! Magpaliwanag ka sa 'min at makikinig ako! Makikinig kami!" Isinenyas niya pa ako.

"Ano na naman ang ipapaliwanag ko? Hanggang kailan ba ako magpapaliwanag?"

"Hanggang sa maintindihan ka namin!"

"Hindi niyo nga kasi ako maiintindihan dahil ako mismo ay hindi ko maintindihan ang sarili ko. Pero alam ko at nasisiguro kong ito ang dapat kong gawin! Kaya kung ako sa inyo ay 'wag niyo na lang akong pakialaman at sumakay na lang kayong pareho! Tch!"

"Hindi puwede!"

"Tsk! Tob?"

"Hindi puwede, Deib," ani Tob, seryoso siya dahil tinawag niya ito sa pangalan. **"Sasabihin mo sa 'min ni Lee kung ano ang tunay na nangyari, kung ayaw mong mawalan ka rin ng kaibigan."**

Masiyadong seryoso si Tob at alam kong kilala ni Deib ang ganitong datingan niya, sa ganitong sitwasyon kasi ay ginagawa niya anomang salita ang kaniyang bitiwan. Inalis ni Deib ang suot na earphones 'tsaka umayos ng upo paharap sa kaniya.

"Bilis! Naghihintay ako!" Singhal ni Tob, napanguso agad si Deib.

"Ano ba kasi 'yon?"

"Magkuwento ka! Ano ang nangyari?"

"Bakit ba kasi kailangan mo pang malaman?"

"Dahil gusto kong malaman!"

"Ayaw kong ipaalam!"

"Isa."

"Tsk! Badtrip naman, eh! Kailangan ba talagang lahat ay alam ninyo?"

"Oo! Dahil hindi lang ikaw ang involve dito! Deib, nasasaktan mo rin si Maxpein nang dahil diyan sa ginagawa mo!"

"Oh, eh, ano ngayon? Ano ang akala mo sa 'kin? Manhid at hindi nasasaktan? Sa tingin mo ba ay gagawin ko 'to ng kusa at walang dahilan? Anong akala mo rito, trip-trip lang? Akala mo ba ay ginagawa ko 'to dahil gusto ko lang?" Nagtiim ang mga bagang ni Deib, pinipigilan ang magalit nang todo. **"Hindi mo ba naisip na baka nasasaktan din ako kaya ko ginagawa 'to? Kaya ko pinili 'to? Gusto**

mong magkuwento ako? Gusto mong magpaliwanag ako? Para saan? Sigurado ka bang kapag nagsalita ako ay maiintindihan mo? Kasi kung hindi mo rin lang maiintindihan ang sasabihin ko, 'wag ka nang magpakuwento."

Hindi nakasagot si Tob, ako man ay nanatili lang na nakikinig sa kanila.

"May sakit siya? Bakit? Ginusto ko ba na magkasakit siya? Porket ba boyfriend niya ako ay obligasyon ko nang alagaan ang buo niyang katawan? Hindi ba't bago ko siya alagaan ay dapat siya na muna ang maunang mag-alaga sa katawan niya? Bakit ako mag-aalala para sa kaniya kung gano'ng siya mismo ay hindi magawang alagaan ang sarili niya? May sakit na pala siye, eh, bakit sumugod pa siya sa ulan? Ngayon na mas lumala 'yong sakit niya ay sa akin ang sumbat nang Parrot na 'yon? Gago ba siya?"

"Deib, ano ba? Kaunting respeto sa mga babae, dre, kaibigan na rin natin ang mga 'yon," ani Tob. Kung hindi niya ginawa 'yon ay ako mismo ang magsasabi no'n. Kanina ko pa hindi nagugustohan ang walang-galang na salitang lumalabas sa bibig niya.

"Kaibigan? Kailan pa? Kaibigan siya nang mga girlfriend ninyo! Pero hindi natin sila kaibigan!"

"Ano ba ang nangyayari sa 'yo? Parang hindi na kita kilala, eh!" Singhal ni Tob. **"Bakit ba hirap na hirap kang sabihin kung ano ang dahilan para magkaganiyan ka?"**

"Dahil hindi mo nga maiintindihan! Putsa, paikot-ikot na lang ba tayo rito? Kasi kung paiikot-ikutin mo lang ako rito, manahimik ka na lang! Mababawasan pa ang init nang ulo ko!"

"Bakit ba kasi hindi ka na lang mag-explain para hindi na humahaba pa? At saka bakit ba galit na galit ka?"

"Bakit din naman kasi hindi ka na lang manahimik? Bakit kailangang mangialam ka pa? Hindi mo maiintindihan ang dahilan kasi hindi mo naman nararamdaman kung ano man ang nararamdaman ko ngayon! Alam ko namang kaya lang kayo ganiyan ay dahil nanghihinayang kayo sa kinalabasan nang relasyon namin, pero ano ang magagawa ko? Ayaw ko na! Nagsawa na ako! Hindi ko na kaya!"

Nabigla ako sa mga sinabi niya, hindi ko naiwasang mapatitig sa kaniya. Nagsimulang mangilid ang mga luha sa kaniyang mga mata kaya naman agad niya rin na iniharang ang dalawang daliri ro'n.

"Oo, mahal ko siya. Kaya nga mas naba-badtrip ako dahil pakiramdam ko ay mas minahal ko pa siya kaysa sa sarili ko at kaya nagkakaganito ako ngayon dahil wala na akong itinira pra sa sarili ko. Lahat na ay napunta sa kaniya! Bakit ba hindi ka na lang maging masaya para sa 'kin? Dahil habang maaga ay nagawa kong makalayo sa kaniya dahil kaunting kaunting sakit na lang, Tob," tumulo ang ilang patak nang luha mula sa mga mata niya. **"Kaunting kaunti na lang talaga ay mababaliw na ako."**

"Deib..."

"Hindi mo kasi naiintindihan, eh."

"Dahil ayaw mong ipaintindi."

Umiling si Deib. **"Isa lang naman ang pakiusap ko, eh. Isa lang. 'Yong 'wag na siyang lumapit kay Randall, pero wala, eh. Walang gawa,"** umiling siya nang umiling 'tsaka pinahid ang mga luha. **"Walang gawa dahil isang punta lang no'ng loko ay hindi niya na matanggihan! 'Yon kasi 'yong hindi ko maintindihan! Nasasaktan ako kapag nakikita ko silang dalawa. Nasasaktan ako kasi alam kong mahal pa ni Randall si Taguro. Nasasaktan ako dahil hindi niya magawang isakripisyo 'yong taong 'yon kahit na ang dahilan na lang sana ay ayaw niyang masaktan ako. Oo, napakamakasarili ko, isip-bata at akala mo ay hindi tumatanda. Sige, sabihin niyo nang lahat at tatanggapin ko, kung 'yan sa tingin niyo ang dahilan kung bakit ako nasasaktan ngayon. Tatanggapin ko."** Ngumuso siya sa 'min at muling nangilid ang mga luha niya. **"Ganiyan lang ang nasasabi niyo kasi hindi niyo naman nararamdaman kung ano ang nararamdaman ko. Naiisip niyo ang tama at dapat na gawin kasi hindi kayo ang nasa sitwasyon ko."**

Sandaling katahimikan ang nangibabaw sa pagitan namin. Hindi nagawang umimik ni Tob sa dami nang sinabi nito. Paniguradong naiintindihan niya na rin 'to.

Ilang beses pang pinahid ni Deib ang mga luha niya 'tsaka makailang beses din na bumuntong-hininga. Nang makita kong ayos na siya ay 'tsaka ako tumungin at bumuwelta.

"Si Kim?" Punang sambit ko, nilingon nila ako ngunit na kay Deib lang ang aking paningin.

"Ano si Kim?" Inosenteng tanong pa niya.

"Bakit kailangan na masali si Kim?" Tanong ko, natigilan silang pero ngunit walang nakasagot. **"Nasasaktan ka pala, eh, bakit mananakit ka**

pa ng iba?" Seryosong tanong ko, mas natigilan naman siya. **"Alam nating lahat na mahal ka pa rin ni Kim, alam din nating lahat na may nagawa siyang mali sa 'yo, sa inyo. At huli na no'ng malaman niya sa sarili niyang ikaw talaga ang mahal niya. Pero nasasaktan ka ngayon nang dahil sa ibang tao at si Maxpein 'yon. Bakit kailangan na mapasok si Kim sa nararamdaman mo? Ano 'to? Gagamitin mo si Kim para mawala 'yong sakit na nararamdaman mo o para makapanakit pa nang ibang tao?"** Deretsong tanong ko, napayuko si Deib at tuluyang huminto ang kaniyang pagluha. **"You're immature, you're childish and you're so selfish. Totoo 'yan pero lahat naman tayo ay nagkakaganiyan kapag nasasaktan kaya sana ay nag-isip ka rin. Sige, makipag-break ka kay Max kasi nga ay nagseselos ka kay Randall at 'yan lang ang paraan mo. Pero 'yong kumuha ka pa nang taong gagawin mong panakip-butas, mas marami kayong masasaktan niyan. Masasaktan ka. Masasaktan si Kim at masasaktan ang taong mahal mo kaya dobleng sakit pa 'yon para sa 'yo,"** bumuntong-hininga ako at kumunot ang noo. **"Alam kong nahihirapan kang magdesisyon at mag-isip ng tama dahil nasasaktan ka nga. Pero sana ay naisip mo rin na may paraan ka para mawala ang sakit na 'yan at hindi mo kailangan na magtiis, Deib."**

Napatitig siya sa 'kin ngunit iniiwas ko agad ang aking paningin sa kaniya.

Balikan mo siya. Mawawala ang lahat nang sakit na nararamdaman mo. Pinahihirapan mo lang ang sarili mo samantalang alam naman nang lahat na si Maxpein pa rin ang mahal mo. Para kang tanga, mas pinili mo ang saktan siya kung puwede naman balikan mo na lang siya para hindi na kayo parehong nadurusa.

Hindi niya na ako nagawang sagotin pa dahil eksaktong dumating ang aming lecturer. Hindi ko alam kung gaano kaming katagal na nanatili ro'n pero masuwerteng hindi kami naabutan nang mga 'yon. Masiyadong magulo ang mga unang nangyari kaya naman hindi magiging maganda kung may makakarinig o makakakita sa 'min.

Wala na kaming nagawa kundi ang manahimik at ituon ang atensyon sa klase. Mahirap kung tutuusin dahil talagang hindi mawala sa isip ko ang nangyari, paniguradong gano'n din sa kanila. Pero wala kaming choice kung hindi ang makinig sa klase at sagutan ang mga quizzes.

NANG mag-ring ang bell, gaya nang nakagawian ay dumeretso kami sa canteen para sa 15 minutes na afternoon break. Magkakasama kaming tatlo

pero wala kaming kibuan pare-pareho. Malayo pa lang ay kitang kita ko na ang table nina Zarnaih pero bakanta iyon. Kaya naman inilabas ko ang aking cell phone at agad siyang tinawagan.

"Sweetie?" Sabi ko nang sagotin niya ang linya. **"Nandito kami sa canteen, bakit wala kayo?"**

"Tsk. Nawalan kami nang ganang magsikain, hindi na kami bababa diyan."

"Ha? Gusto mo bang hatiran na lang kita ng snacks dyan?"

"Hindi na, isang subject na lang naman at uwian na, eh."

"Sigurado ka, sweetie?" Tanong ko pa, ungol lang ang isinagot niya. Dumeretso sa line ang mga kaibigan ko, sandali ko pa silang sinundan nang tingin bago muling kinausap si Zarnaih. **"Ano? Kumusta na si Maxpein diyan?"**

"Tahimik pa rin," napapabuntong-hiningang aniya. **"Mataas din kasi ang lagnat niya kaya hindi siya masiyadong pala-salita ngayon. Gano'n talaga siya kapag may sakit. Sana nga ay mawala na ang lagnat niya para makapag-usap na sila ni Deib ng maayos."**

"Kinausap din namin si Deib."

"Oh? Ano ang sabi nang gago?"

"Nagseselos siya kay Randall."

"Kay Randall?"

"Mm, nagseselos daw siya ro'n."

"Kung gano'n ay may nangyari kina Max at Randall?" Gulat pang bulong niya.

Nagkibit-balikat ako. **"Siguro, hindi na nabanggit ni Deib, eh."**

"Tsk! Hindi ko alam 'yan, ah? Hindi naman kasi nagkukuwento si Max, eh. Hindi natin maaasahan sa kuwentuhan 'to dahil hindi siya madalas mag-share nang mga pangyayari at lalo na nang tungkol sa tunay niyang nararamdaman."

"Mahirap din na tanongin si Deib dahil hindi rin lahat ay ikinukuwento niya. Paulit-ulit niya nga lang sinasabing nasasaktan siya. Naba-badtrip na nga rin ako kanina kaya pinaulit-ulit ko rin sa kaniyang nasasaktan siya."

Napabuntong-hininga siyang muli. **"Nalulungkot talaga ako. Gusto kong maawa kay Deib pero na-badtrip talaga ako sa mga sinabi niya kaya nasampal ko siya. TSk! Nagi-guilty nga ako dahil birtday niya**

bukas pero wala na akong pakialam. Gumaan ang pakiramdam ko nang sampalin ko siya, eh."

"'Yon pa nga ang isa." Bumuntong-hininga rin ako. **"Birthday niya bukas."**

"'Yon na nga, eh, paano na 'yan?"

"I don't know."

"Tsk. Ang tanong, eh, invited pa rin kaya kami kahit na ganito ang nangyari? Kasi siyempre, 'di ba? Awkward na."

"Siyempre, imbitado pa rin kayo. Wala naman kay Deib 'yon kung pumunta kayo sa party niya. Besides, paniguradong matutuwa pa siya kapag nakita si Maxpein bukas. Sa pagkakakilala ko kay Deib, kapag si Max na ang usapan, kahit galit na galit 'yan ay siya pa rin ang makapagpapasaya sa kaniya at nagiging dahilan kung bakit tumatalon-talon ang puso niya. Tsh."

"Haaaay, sana nga, sweetie. Sana nga ay maging ayos na sila, huhuhu! Makikita ko pa lang si Max, feeling ko ay ako na 'yong brokenhearted."Huminga siya nang malalim, halatang malungkot nga. **"Siguraduhin mong makakapunta pa rin kami bukas, ah? Lalo na si Max. Itanong mo kay Deib, siguraduhin mo. Baka kasi mamaya ay hindi na pala kami welcome, mapahiya lang kami. Sige na, I'll see you later na lang, I love you."**

"I love you, more, sweetie. See you. Bye."

Eksato nang ibaba ko ang linya ay dumating 'yong dalawa, iniabot sa 'kin ni Deib ang isang soda at sandwich bread. Naupo siya at pinanood ko kung susulyapan niya ang mesa nina Maxpein pero hindi niya 'yon ginawa.

Napakatigas niya na rin.

"Bukas na nga pala ang birthday party mo, ano na ang plano?" Kunyaring tanong ko habang binubuksan ang binili niya sa 'king pagkain.

"Anong ano na ang plano?" Inosenteng tanong niya.

"Invited pa rin ba 'yong mga naunang in-invite mo?" Sarkastikong tanong ko.

"Tch! Bakit hindi mo na lang kaya deretsahing si Taguro?" Sarkastiko rin na tanong niya kaya bahagya akong natawa. **"Tch. Eh, di pumunta siya."**

"Kahit break na kayo?" Seryosong tanong ni Tob.

"Kawawa naman siya kung lahat nang kaibigan niya ay pupunta tapos siya lang ang hindi. Tch."

"Paano kung hindi siya pumunta?" Tanong ko, sandaling natigilan si Deib. **"Ano ang gagawin mo?"** Dagdag ko, ngumuso siya ngunit mas tumamlay.

"Ano bang ano ang gagawin ko? Eh, di 'w-'wag siyang pumunta. Hindi naman magbabago ang party ko meron man o wala ang presensiya niya. Tch!"

"Tsk tsk," umiling ako, mas ngumuso naman siya. **"Hindi ko akalain na 'yong Deib Lohr na nagpapahabol sa mga puso ay parang maitim na maitim na bato ngayon,"** makahulugang sabi ko, siyempre, hindi niya na naman makukuha ang ibig kong sabihin do'n.

"Shut up, Lee," sagot niya.

Sinabi ko na nga ba, slow talaga siya.

MAX'S POV

Mula sa kinauupuan ko ay natatanaw ko ang labas nang bintana. Napakaraming puno ang naroon at abala sa pakikipagsayawan sa hangin. May mga kasama ako pero pakiramdam ko ay mag-isa lang ako. Kahit papaano ay gumagaan ang pakiramdam ko dahil sa mga nakikita ko. Nararamdaman ko pa rin ang init nang aking katawan pero nakalalamang na ngayon ang bigat nang isipin ko.

Hindi ko alam kung bakit kailangan na magkaganito tayo.

Nasasaktan ako sa pagiging cold niya. Nawala 'yong dating sigla sa mga mata niya sa t'wing makikita niya ako. Nawala maging ang matamis na ngiti sa kaniyang mga labi na talaga namang nakapagpapasigla sa mood ko. Nawala 'yong feelings na nararamdaman ko mula sa kaniya dahil sadyang nakakahawa.

Wala na talaga...

Parang naging mabigat para sa 'kin ang huminga. Bawat paghinga ay mabigat at malalim. Bawat paghinga ko ay nauuwi sa buntong-hininga. Napakaraming tanong ang nagsisiksikan sa isip ko. Pero alinman sa mga 'yon ay hindi ko magawang lusutan nang sagot ngayon.

Nararamdaman ko na ang sakit ngayon. Nararamdaman ko na ang panghihinayang. Kinakain na ako nang lungkot. Pinahihirapan nang distansya. Nasasaktan ako sa malamig na pakikitungo niya. Gusto kong mawala sa kinauupuan ko kahit sa loob lamang ng ilang minuto. Nais ko lang na makatakas ngayon sa aking nararamdan.

Hindi matanggap nang puso ko kung paanong naging gano'n kadali sa kaniya ang iwan ako. Hindi ko mabigyan nang dahilan ang sarili ko.

Gano'n na lang ba talaga kadali para sa kanila ang iwan ako? Ano ba ang meron sa 'kin at hindi sila tumatagal?

Sandali akong pumikit ngunit agad na nangibabaw sa 'kin ang imahe ni Sensui. Parang palabas na nag-flashback sa paningin ko ang lahat nang nangyari kanina. Bumaon sa puso't isip ko ang lahat nang sinabi niya.

Hindi ko na siya babalikan...

Hindi ko na siya babalikan...

Hindi ko na siya babalikan...

Hindi ko na siya babalikan...

Muling nag-ingay sa pandinig ko ang huling linyang 'yon na tumarak sa dibdib ko. Masakit. Gusto kong tanongin kung bakit? Gusto kong magkaro'n siya ng dahilan. Gusto kong bawiin niya 'yon at sabihin niyang ako pa rin ang gusto niya. Hindi niya kailangang magmakaawa dahil tatanggapin ko siya.

masiyado akong nanghihina nang dahil sa 'yo.

"'Oy, ayos ka lang ba?" Natinag ako nang lumapit si Naih, pasimple kong pinunasan ang mga namuong luha sa mga mata ko. Iniiwas ko ang paningin sa kaniya 'tsaka muling itinuon 'yon sa mga punong pinagmamasdan ko kanina pa. **"Maxpein, kausapin mo naman ako, oh,"** pakiusap niya pa, lumingon naman ako. Bakas sa mga mata niya ang pag-aalala kaya naman ngumiti na ako ng tuluyan. **"Ayos ka lang ba?"** Kinapa niya ang leeg ko, agad siyang ngumiwi. **"Tsk! Ang taas pa rin nang lagnat mo, Max. Umuwi ka na kaya?"**

"Hindi na. Last subject na, oh? Five minutes na lang. Iinom din ako nang gamot bago umuwi mamaya kaya paniguradon gmawawala rin agad 'to."

"Paano ka nga palang nakapasok?" Gulat na tanong niya, bumuntong-hininga na lang ako. **"'Wag mo sabihing hinayaan kang mag-motor ni ate?"**

"Tss. Parang may magagawa naman siya?" Pilit kong ibinalik ang angas ko ngunit sinimangutan niya lang ako. **"Ayos nga lang kasi ako,"**pagmamatigas ko.

"King inang 'yan! Mataas ang lagnat at brokenhearted tapos ayos lang? Ulol! Sira-ulo! Sino ang niloko mo? Ipakulam kita diyan, eh!" Singhal niya, kumunot naman ang noo ko.

Napakabrutal talaga nang bibig niya. Tss.

Bumuntong-hininga na lang ako at muling tumingin sa labas. Hindi ko talaga alam kung ano ang meron sa mga puno, bakit nila nagagawang papayapain ang puso ko nang ganito. Sa t'wing titingin ako sa kanila ay para bang abot-kamay ko na ang mga pangarap ko. Simula pagkabata ay naiisip ko nang titira ako sa isang katamtaman at simpleng bahay na nasa harap nang bundok. Pinalilibutan 'yon nang napakaraming puno na katamtaman lang ang laki at sa harap ay merong isang napakalawak at payapang dagat.

Napapikit ako sa aalaalang 'yon nang aking kabataan, hanggang ngayon ay 'yon pa rin ang pangarap ko. Masarap sa pakiramdam ang alalahanin 'yon sa ganitong klase nang panahon kung saan parang dinudurog ang puso ko.

"Paano na bukas?" Bigla na namang tanong niya, natigilan ako sandali at muling tumingin sa puno. **"'Oy? Hindi ka sasagotin nang mga punong 'yan, Maxpein. Paano na bukas?"**

"Anong gagawin ko?"

"Anong ano ang gagawin mo? Birthday ni Deib bukas, ano ang plano mo?"

"Hindi ko alam," yumuko ako sa aking mga kamay.

"Bakit hindi mo alam?" Tanong ko, sumimangot na lang ako. **"Alam kong naririndi ka na sa 'kin. Alam ko rin na gusto mo nang katahimikan pero hindi ko 'yon maibibigay ngayon sa 'yo dahila alam kong ito na lang ang oras para makausap kita ng matino. Paniguradong lutang ka na naman mamaya,"**singhal niya, sinamaan ko lang siya ng tingin. **"Anong plano mo? Sabihin mo sa 'kin kung ano ang laman niyang isip mo."**

"Birthday niya," tipid na sagot ko. **"'Yon ang laman nang isip ko."** 'Tsaka ako muling tumingin sa labas.

"Max naman, eh, para naman akong may kausap na halimaw rito, eh," iritable nang sabi niya. **"Paano na 'yan? Hindi ka na ba talaga makikipag-ayos sa kaniya? Hindi ka hihingi nang second chance?"**

"Hindi."

"Bakit?"

"Hindi ko ugaling magmakaawa sa pagmamahal nang iba, Naih," nakangiti kunyari kong sabi. **"Alam mo namang naniniwala ako sa kusa. Kung mahal niya ako ay kusa niya 'yong ibibigay, hindi ko kailangang humingi."**

"Hindi mo naman kailangang magmakaawa dahil mahal ka naman talaga niya."

"Kung gano'n ay bakit niya 'to ginagawa? Hindi ko siya maintindihan."

"Kaya nga mag-usap kayo, 'di ba?"

"Nakausap mo ba siya nang maayos kanina?"Sarkastikong tanong ko, natigilan siya at ngumuso. **"Kung sasagotin niya rin lang ako gaya nang mga isinagot niya sa 'yo, hindi na. Kaya kong mag-isip mag-isa. Irespeto na lang muna natin ang desisyon niya, babalik naman 'yon kapag naisipan niya."**

"Maghihintay ka na lang, gano'n ba?"

"Magiging worth it naman, 'di ba? Kulang ang salitang premyo kung siya ang makukuha."

"Magpapakamartir ka, gano'n na lang ba?"

"Tss. Ano naman ang pagiging martir dito?"

"Nagtitiis ka kahit na masakit, Maxpein."

"Wala naman akong choice kung hindi ang magtiis."

"Eh, di martir ka nga?"

Bumuntong-hininga ako. **"Kung 'yon ang tawag mo ro'n, eh, di sige. Pero hindi nakamamatay ang pagiging martir, Naih. Walang masama kung magpapakamartir ka lalo na kung para naman 'yon sa taong mahal mo. Tutal lumayo man ako sa kaniya o hindi ay masasaktan pa rin naman ako. Eh, di doon na lang ako sa malapit, masaktan man ay masaya pa rin naman ako."**

Hindi ko na sila kinibo pa dahil nagdatingan na ang mga kaklase namin kasunod ang lecturer. Nagsimulang magklase, gaya nang huling klase kahapon ay sinikap kong maituon ang atensyon sa discussions. Mahirap pero mas kailangan ko 'to ngayon.

NANG mag-ring ang bell para sa uwian ay nakakapanibagong wala akong maramdamang excitement. Kung dati kasi ay meron dahil alam kong makikita ko si Sensui matapos no'n.

"'Uy, classmates, invited ba kayo sa birthday party ni Deib Lohr bukas?" Dinig kong tanong ni Rhen sa isa pa naming kaklase. Hindi ko alam na kilala niya pala ang mga ito para magtanong nang gano'n.

"Psh! Sino ba naman kami para i-invite nang isang Deib Lohr Enrile? Duh?" Tugon ni Zielette.

"Bakit, Rhen? Invited ka ba?" Tanong naman ni Kaycee.

"Oo, friend kasi ni lolo si Dean, eh, 'di ba?" May pagmamalaking tugon nito.

"Eh, ang tanong... alam kaya nang Mister Enrile na darating ka?" Sarkastikong sabat ni Migz sa gitna nang usapan ng mga ito. **"Tara na nga,"**inirapan niya ang mga ito 'tsaka nagpamaunang lumabas nang room.

"Paano na bukas, Max? Huhuhu! Gusto ko ay nando'n ka," baling sa 'kin ni Michiko habang naglalakad kami.

"Oo nga, 'te, mas maganda sana kung nando'n ka. Ano kaya kung i-surprise mo ang Deib Lohr?" Banat naman ni BJ.

"Oo nga, 'no?" Sang-ayon naman nang lahat sa kaniya, maliban sa 'kin, siyempre.

"I know that this is not going to be east, it will need lots of effort pero paniguradong magbabati kayo rito!" Nagmamalaking ani BJ.

"Ano 'yon?" Interesadong tugon ko.

"'Uy! Willing!" Pang-aasar niya, sininghalan ko naman siya ng tingin 'tsaka bumuntong-hininga. **"Haharanahin natin ang baklang Deib!"** Suhestiyon niya, natigilan naman ako.

Napatitig kaming lahat sa kaniya, kumurap-kurap naman ang bakla at nagpa-cute nang todo. **"Haharanahin?"** Nagtatakang tanong ko, tumango naman agad siya. **"Haharanahin?"**

"Oo nga, 'te! Tutal ay *karir* na *karir* niya naman ang pagiging bading, eh, di go! Mas *karir*-in pa!" Palahaw ni BJ. **"Tutulungan ka namin na haranahin siya pero siyempre, dapat ay lamang ang effort mo, 'te! More on back-up na lang kami kasi pananalita mo pa lang ay halatang pangit na ang boses mo, 'te! Kaya naman kailangan mo talaga nang mala-Mariah Carey na back-up,"** itinuro pa ni BJ ang mukha ni Michiko. **"Oh, Celine Dion,"** itinuro niya naman si Naih. **"Whitney Houston,"** itinuro niya ang sarili at ang panghuli ay itinuro niya si Migz. **"At siyempre, Chaka Khan!"** Hinampas naman siya agad nito. **"Aray ko naman, 'te! Makahampas naman 'yang kamay mong mala-kawali!"**

"Letse kang bakla ka, ah! Stevie Wonder ka! 'Wag kang ambisyosa!" Palahaw ni Migz, natawa naman sila.

"'Tse! Oh, anyway, 'di ba?" Bumaling uli sa 'kin si BJ. **"Puwede mo kaming back-up! Pero sa 'yo pa rin ang pinaka-powerful na effort, 'te! Haharanahin mo siya at mega-tili na lang kami sa gilid!"**

"Paano nga?"

"Harana nga, 'te! Punyeta, ilang beses bang uulitin sa 'yo? Harana, 'te! Kanta! Harana! Kanta-kantahan, 'te!" Paulit-ulit niyang sigaw sa 'kin.

"Calm down naman, 'te! 'Yang bunganga mo--baklang bakla!" Saway ni Migz dito 'tsaka bumaling sa 'kin. **"Oo nga, napakaganda nang ideya nang bakla. Puwedeng i-design din natin ang buong stage,"** aniya pa na animong may ipinipinta sa harapan namin na mula sa imahinasyon niya. **"Kausapin ang lahat nang guests at ang pamilya Enrile nang Mister Enrile! Darating ang Mister Enrile at mag-isang maglalakad papunta sa gitna tapos *bam*! Patay-patayan nang ilaw ang eksena! Then, *boom*! Bukas-bukasan nang ilaw at magugulat siya kapang nakita ka sa stage!"** Maaksiyong aniya. **"Greeeeng!"** Aniya na kunyari ay tinipa ang ini-imagine na hawak na gitara. ♫ ♪ **"Nanghihinayang! Nanghihinayang ang puso *key*! Sa piling *kis* iniwan ka lang! *Nanyoktan* lamang kita! *Magi* na *saney, magi* na *saney* iniwan pa! Iniwan kang nag-iisa at nagdurusa, ako sana'y *nyotawarin* pa!"** ♪ ♫ Kumanta pa siya sa mismong mukha ko. **"Pero siyempre, mamili ka nang kantang bet mo! Uhm!"**

"Pero hindi ako marunong kumanta," napapahiyang sabi ko.

"Alam namin, bakla ka! Kaya nga sinabi kong kailangan mo ng *effort* at hindi nabibili 'yan, 'te!" Muling sabi ni BJ kaya nilingon ko siya. **"Alam mo kasi, kahit na nuknukan nang kapangitan iyang boses mo, gaganda 'yan kung pu-push ka sa effort!"**

"Ano ang kakantahin ko?"

"Malay ko sa 'yo, 'te! Baka naman puwedeng ikaw na ang mag-isip nang kanta? Sa 'min na nga nanggaling ang ideas, bakla ka! Effort, 'te! Effort! 'Wag kalimutan! Effort! With capital "E"!"

Napatingin ako kay Naih, may kung anong kislap sa mga mata niya akong nakita. **"Makakaasa ka sa 'kin pagdating diyan,"** inihampas niya pa ang buhok sa katabing si Migz, hindi ko maipaliwanag ang tuwang nangibabaw sa 'kin.

"Eh, ako? Ano ang gagawin ko?" Biglang sabat ni Michiko.

"Ikaw 'yong stage, 'te!" Sarkastikong sagot ni Migz, nanlaki naman ang mata ni Michiko. **"Joke 'yon, 'te, tawa dapat ang kasunod! Kaloka ka."**

"Hahaha! Loko ka talaga, Migz!"

"Ay, Diyos ko! Ang bilis bilis talagang maka-get nang kaibigan nating si Michiko! Fast-learner! Tara na nga!" 'Tsaka kami muling

nagpatuloy sa pagbaba.

Hindi na nawala sa 'kin ang tuwa, bagaman kakakaunti ay binigyan ako no'n nang pag-asa na magkakaayos din kami ni Sensui. Sa unang pagkakataon ay hinayaan ko ang ibang taong magbigay sa 'kin nang suhestiyon. At sa una ring pagkakataon ay tatanggapin ko ang kanilang tulong. Nakakatuwang isipin na kahit ganito ang takbo nang utak ko ay may mga kaibigan akong handang tumulong sa 'kin dahil gusto nilang magkaayos kami.

"OH, MY GOD, GIRLS! ALAM NINYO NA BA ANG ISSUE?"

"ANO 'YON?"

"BREAK NA RAW SILA NI DEIB LOHR!"

"OMG! SERIOUSLY?"

"OO NGA! HINDI MO BA NAKITA NA SI KIMENIAH NA ULI ANG KASAMA NI DEIB LOHR NA MAG-LUNCH KANINANG BREAK?"

"OO NGA, 'NO? BAKIT ANG BILIS NAMAN YATA?"

"HIDNI NAMAN DAW KASI NIYA MINAHAL SI DEIB LOHR."

"WHAT? OH, MY GOD! ANG KAPAL NAMAN NANG MUKHA NIYA?"

"SINABI MO PA! SIYA PA 'YONG AYAW KAY DEIB LOHR? HAHAHA! ANG GANDA NIYA, AH?"

"'BUTI NA LANG AT NAUMPOG NA SI DEIB LOHR, BE THANKFUL, GIRLS."

"I KNOW, RIGHT?"

Natigilan ako at sadyang pinakinggan ang mga bulungan na 'yon sa likuran ko. Nilingon ko ang mga nagsalitang 'yon ngunit mga nakalampas na sila. Ang kakakaunting saya na nasa dibdib ko ay nangalahati pa, nalungkot na naman ako. Hindi ko akalain na kakalat nang gano'n kabilis ang issue.

Kunsabagay, hindi na dapat ako nagtataka dahil kilala siya. Pero kanino naman nanggaling? Tss. Imposible namang ipagsabi niya pa? Baka nag-conclude na lang sila dahil sa kanilang nakita.

"Max, tara na!" Tawag sa 'kin ni Naih, agad naman akong tumalima. **"Ihahatid nga pala ako ni Lee sa TB."**

"Mm, magkita na lang tayo ro'n," tugon ko.

"Ha? Papasok ka pa rin do'n?" Nagugulat niyang tanong.

"Oo naman, wala naman akong sinabi na a-absent ako."

"Pero may sakit ka nga!" Inis niyang sigaw, nilingon ko siya at nginitian nang todo, natural.

"Hehehe, para kasing gumaan bigla ang pakiramdam ko dahil do'n sa i-s-in-uggest nina BJ," ngumisi pa ako, nagulat naman siya.

"Seryoso?" Nagtatakang tanong niya, tumango naman ako 'tsaka muling ngumiti. **"Sige! Sige! Tutulungan nga pala kitang mag-isip nang puwede mong kantahin! Pero sigurado kang kaya mo nang pumasok sa TB, ah?"**

"Oo nga."

"Patingin nga muna!" Aniya na iniamba ang kamay sa leeg ko ngunit agad akong lumayo.

"Ayos lang ako, tara na, excited na ako, eh," nakangiting sabi ko 'tsaka ini-lock ang locker ko.

"Teka, nandiyan na sila, eh," bulong niya, natigilan naman ako't napatitig sa kaniya.

Hindi ko maipaliwanag ang kakaibang kabog sa dibdib ko nang dahil sa kaniyang sinabi. Dahan dahan akong napalingon sa likuran ngunit agad din na natigilan. Kasama na naman ni Sensui si Kim.

Tsk tsk tsk.

Pakiramdam ko ay agad na nagbago ang aking isip. Ang kaninang nangalahating saya ay agad na napawi. Napalitan 'yon nang magkakahalong selos, inis at lungkot.

"Napepeste ako kay Kim, letse," bulong pa sa 'kin ni Naih pero hindi ko na siya pinansin. Naitungo ko na lang ang ulo ko.

"Sweetie," bumungad si Lee sa harap ni Naih, naiangat ko naman ang aking paningin at nakipagngitian sa kaniya. **"Kumusta ang pakiramdam mo, Max?"**

"Ayos na ako."

"Nakainom ka na ba nang gamot mo?" Hindi pa rin siya nagbabago, maaalalahanin pa rin.

"Mm, iinom pa lang uli."

"Pagaling ka, ah?"

"Oo naman, salamat."

"Magpapagaling 'yan, may special siyang gagawin bukas, eh," masayang bulong ni Naih, nagliwanag naman ang mukha ni Lee.

"Talaga? Ano 'yon?" Tanong niya habang pinupunasan nang nobya ang pawis niya sa mukha.

"'Wag ka ngang *chikadora* diyan, sweetie? Bukas mo na lang alamin, hehehe."

"Tsh. Anyway, that's nice. Suportado kita kahit wala pa akong ideya."

"Thanks, Lee," mahina kon sagot. **"Oh, siya, paano? Mauna na ako?"** Biglang paalam ko na ikinagulat nila.

"Saan ka pupunta?"

"May trabaho kami ngayon," si Naih ang sumagot sa nobyo. **"Ihahatid mo nga ako sa TB, 'di ba? Hehehe!"**

"Papasok ka pa rin kahit may sakit ka, Max?" Gulat na tanong ni Tob, nginitian ko naman siya at tinanguan.

"Oo, ayos naman na ako, eh," tugon ko, doon ko nagawang sulyapan si Sensui na abala pa rin sa paglalagay nang gamit niya sa locker.

Wala man lang pakialam.

Doon ko lang din napansin si Kimeniah na palihim kung sumulyap sa 'kin. Nginitian ko siya at sandali niya 'yong ikinagulat bago gumanti nang ngiti.

"Mauna na ako sa inyo," muling paalam ko.

"Galingan mo, 'te, ah? Greeeeng!" Banat pa ni Migz, hindi ko napigilan ang matawa habang tumatango sa kaniya.

"Oh, del Valle!" Sa hindi inaasahan ay bumungad sa 'min si Coach, muling naudlot ang pag-alis ko kaya nakakainis 'yon.

"Yes, coach?" Bati ko, tinapik niya naman ang balikat ko.

"Oh, ang init mo naman?"

"Ah, tinamaan nang lagnat, coach. Pero ayos naman na ako," naiinis na ako sa pagpapaulit-ulit ko nang sabi no'n.

"May ibabalita kasi sana ako sa 'yo," masayang aniya, kumunot naman ang noo ko.

"'Uy, balita raw, tara na't maki-*usi,*" dinig kong ani Migz 'tsaka ko naramdaman ang kanilang paglapit.

"Regionals na kasi next week, sa Martes ang simula. Si Samantha nang SIS ang representative nang buong Laguna sa billards dahil dati na rin palang lumalaban sa Regionals ang batang 'yon," humahangang balita ni Coach, tumango naman ako. **"Kung papalarin na payagan ang private schools ay willing ka bang sumali sa Regionals at makasama si Samantha? Kayong dalawa ang magiging representative nang buong**

Laguna." Hindi ako nakasagot. **"Tatlong araw lang naman 'yon, del Valle. Sa Martes na ang simula."**

"Sabi niyo ay hindi pa naman pinapayagan ang private schools?"

"Kaya nga kinakausap na kita ngayon dahil mukhang malaki ang tiyansang payagan na makasali ang private schools. Kaya sana rin ay pumayag ka na para maging representative at makasama ni Samantha. Magaganda ang makukuhang prizes doon. Bukod kasi sa malaking halaga ay may tiyansa ka rin na makakuha nang scholarship mula sa mga kilalang schools sa Manila para sa pagko-Kolehiyo mo. Ang problema nga lang ay hindi ka excused sa klase mo sa loob nang tatlong araw na 'yon." Dagdag niya, para iyong nakakaloko. **"Pag-isipan mo, del Valle, sa Lunes natin malalaman kung makakasali tayo o hindi. Maiging nakapag-decide ka na sa araw na 'yon kaya sinabi ko nang ganitong kaaga sa 'yo."** Tinapik niya nang ilang beses ang balikat ko. **"Magpagaling ka, ah? Sige."**

Tss.

"Sasali ka?" Lumapit sa 'kin si Naih.

"Hindi ko alam," tugon ko, pakiramdam ko ay na-pressure ako ng wala sa oras.

"Sumali ka na."

"Tapos tatlong araw akong absent? Tss."

"Baka naman puwedeng ipakiusap 'yon? Psh! Bakit naman kasi gano'n? Isasali ka sa ganiyan tapos hindi ka excused sa klase?"

"Bahala na, hindi ako sigurado. Wala akong maramdamang excitement, eh."

"Sumali ka na, Max! Sayang din 'yong scholarship do'n!" Nakangiting sabat ni Tob, nginitian ko siya.

"Oo nga, kaso baka naman i-drop ako ni Chupan kung a-absent-an ko siya nang tatlong araw. Bale-wala ang scholarship no'n, hehehe."Natatawang sabi ko 'tsaka muling kumaway bilang paalam sa kanila at tumalikod.

"Sandali," biglang bumilis ang tibok nang puso ko nang marinig ko ang boses ni Sensui.

Para akong pinompyang sa ulo at naiwan ang malakas niyang tinig sa aking pandinig. Napalunok ako 'tsaka dahan-dahan na napalingon sa kaniya. Hindi ko nagawang makapagsalita nang magtama ang paningin namin. May isang dipa rin ang layo niya kaya naman kinailangan niya pang lumapit. At

habang papalapit siya nang papalapit ay parang naninikip ang aking paghinga.

Ang bilis bilis nang tibok ng puso ko kaya kung may sasabihin ka ay bilisan mo na.

Masiyadong seryoso ang mukha niya ngunit mararamdan ang panlalamig do'n. **"Alam nang buong pamilya ko na darating ka, kaya bukas ay kailangan mo pa rin na pumunta."** Anunsiyo niya, lalo akong kinabahan at nahirapang huminga. **"Kung nakalimutan mo naman kung ano ang meron bukas, birthday ko at birthday party na rin. Alas tres ay puwede nang pumunta ang mga bisita. Aasahan kita,"** malamig ang tonong aniya.

Hindi ko nagawang tumugon, hindi ko rin alam kung ano ang emosyon na naipakita ko dahil sa sobrang kaba na nararamdaman ko. Hindi na siya nagsalita pa uli sa 'kin dahil nilingon niya na si Kim.

"Let's go," anyaya niya rito 'tsaka iniabot ang kaliwang kamay na agad naman nitong tinanggap, naglakad sila nang magkahawak-kamay.

Tss. Torture talaga.

Mukha akong tanga na naglalakad mag-isa at talaga namang nasa harapan ko pa sila. Nang makarating sa quadrangle ay kusang binitiwan ni Sensui ang kamay ni Kimeniah, marami na kasing tao ro'n. Hindi ko na lang sila tiningnan, nagtuloy na lang ako sa paglalakad pasunod sa kanila hanggang sa makarating kami sa parking lot. Nakita kong si Kim ang nagbukas nang pinto para sa sarili, ipinagtaka ko naman 'yon. Dali-dali naman akong lumapit sa motor ko at saka sumakay ro'n. Marahan ko itong iniatras habang pasimpleng sumusulyap sa likuran ko upang makita sina Sensui. Ngunit nagulat ako nang agad niyang paandarin ang kotse at lampasan ako, hindi man lang nag-abalang lingunin ko.

Natigilan ako at sandaling napakapit sa manibela nang motor. Parang pinipisil nang mahigpit ang puso ko.

Gano'n ba kalaki ang kasalanan ko para unti-untiin mo rin ako nang ganito?

Napabuntong-hininga pa muna ako bago nagdesisyong umalis.

THE BARB. Hapon pa lang pero napakarami nang tao na nasa coffee shop at game zone. May mangilan-ngilan din na nasa restaurant kaya naman agad akong tumulong sa mga barista.

"Oh? Ang sabi ni Beka ay may lagnat ka?" Gulat na bungad sa 'kin ni Barb.

"Meron nga," nakangising tugon ko.

"Eh, gaga ka, bakit pumasok ka pa?" Inis n tanong niya 'tsaka bumaling sa entrance nang bumukas 'yon. **"Good afternoon, welcome to The Barb coffee shop, Ma'am, Sir!"** Bati niya sa mga 'to 'tsaka muling bumaling sa 'kin. **"Umalis ka diyan at magpahinga ka ro'n!"**

"Tss. Hindi ako pumunta rito para mamahinga."

"'Wag kang makulit, lalo kang magkakasakit niyan sa ginagawa mo, eh."

"Hindi 'yan."

"Maxpein?"

"Tsk. Kailangan kong sumahod kaya sige na, pagtrabahuhin mo na ako," seryosong pakiusap ko.

"Eh, di mag-advance ka muna? Ano ka ba naman? 'Wag mo ngang patayin ang sarili mo rito?"

"Ang OA naman nito," nginiwian ko pa siya. **"Tss. Woi, sa yabang ko 'to, hindi lagnat ang makapagpapatumba sa 'kin,"** mayabang kong sabi 'tsaka tumingin sa customer na papalapit sa 'min. **"Good afternoon, what's your order, Sir?"** Baling ko rito, wala nang nagawa si Barb kundi ang panoorin ako. **"Here's your change, Sir, I'll serve your order in three minutes."**

"Thank you."

"Please, enjoy your stay."

Iyon pa lang ang unang customer na dumulog sa 'kin pero pakiramdam ko ay buong araw na akong nagtrabaho, napagod agad ako. Kaunting kilos ko ay hinahapo ako, naghahabol nang hininga at panay ang punas ng pawis. Pero hindi ko iyon ininda, hindi ko rin ipinakita sa kanila. Si Barb ang naghanda ng mga orders dahil ayaw niya pa rin ako payagan na kumilos nang kumilos. Gusto nga niyang maupo na lang ako at magpaghinga ngunit hindi rin ako pumayag. Nanatili akong kahera para naman kumita pa rin ako para sa araw na ito.

Gusto kong bilhan ng regalo si Sensui, isang regalo na hindi man gano'n kamahal ay paniguradong mamahalin niya naman.

Nagtuloy-tuloy lang ang oras nang trabaho. Kung noon ay masasabi kong part-time job lang 'yon dahil sa iksi ng oras. Ngayon ay para bang full-time job na, bagaman sandali ang oras, pakiramdam ko kasi ay sobrang tagal nang inilagi ko sa pagkilos.

Nang pumatak ang alas dies ay isinara na namin ang coffee shop. Sabay sabay kami nina Barb na lumipat sa bar para iyon naman ang buksan. Nandoon na ang lahat nang kasamahan namin, kabilang na si Naih. Kararating pa lang namin ay mukhang mga abala na sila dahil sa dami ng customers.

"'Uy, umuwi ka ng bruha ka," bungad sa 'kin ni Jep. **"Baka mamaya niyan ay maging mas maputi ka pa kay Avril Lavigne sa sobrang putla mo."**

"Tss, kaya ko pa, ano ba?" Natatawa kunyaring sabi ko 'tsaka dumeretso sa bar at nagpunas ng mga baso.

"Ang lola niyo, kailangan daw ng *anda* kaya more trabaho para kumita," nakangiwing lahad ni Barb.

"Wow, ah? Bakit hindi ka nagpapasok no'ng mga araw na malakas ka? Ngayon ka pumasok kung kailan kahabag-habag 'yang hitsura mo! Mahirap kang utusan, ah!" Biro naman sa 'kin ni Boy.

Mayamaya lang ay muli na kaming nagsimulang magtrabaho. Naging mabilis agad ang pagkilos, wala munang pansinan at kuwentuhan dahil sunod-sunod na naman ang customers. Ang sabi ni Jep ay sahod daw kasi ngayon kaya napakaraming grupo ang dumarating para mag-celebrate ng kung anu-ano.

Sina Brian at Manyur ang naka-assign sa tables bilang order-taker. Kaming dalawa na naman ni Beka ang nandito sa bar para mag-serve nang orders. At sina Boy at Naih naman ang abala sa loob ng kitchen.

"Table 20," iniabot sa 'kin ni Manyur ang listahan, agad ko naman iyong iniabot kay Beka 'tsaka ako nagsimulang magsalansan nang baso sa tray. Sunod sunod na gano'n lang ang aming ginawa.

Now Playing: I'm Missing You by MEJA

♫ ♪ "I miss your love, since you've been gone. I find it hard to go on. The summer sky don't mean a thing. I thought I'd always be strong. I got a feeling inside and it's making my heart cry, cause I'm missing you. And it's making me blue, yeah. I'm missing you. But what can I do? Thousand miles away, from you." ♪ ♫

"Table 8, Table 18, Table 20 at limang ashtray," ani Brian nang makalapit, agad ko naman siyang inabutan niyon. 'Tsaka ko kinuha ang mga listahan at isa-isa na ring inihanda sa mga trays.

"Hindi ba pupunta rito ang mga *jowa* niyo, 'te?" Biglang tanong ni Beka.

"Birthday ni Sensui bukas, hindi siya puwedeng uminom kaya malabong pumunta rito ang mga 'yon." Sagot ko.

"Ay, oo nga pala, ano? Kaya siguro push na push ka sa trabaho, 'no? Kaya kahit na may sakit ay more pasok ka? Para kumita? Hmm. Siguro ay mamahalin ang ibibigay mo na regalo?

"Hindi ko pa nga alam kung ano ang ireregalo ko, eh."

"Ano?" Gulat siyang humarap sa 'kin 'tsaka ako pinamawayngan. **"Naku! Eh, kung bukas na ang birthday party, kailan ka pa makakaisip niyan? Kailan ka pa makabibili ng regalo?"**

"Bahala na bukas, bukas na lang siguro ako bibili. Sa hapon pa naman ang party," kaswal kong tugon.

"Sayang, hindi man lang kami makakapunta nang Boy kasi kung pati kami ay a-absent, sino na lang ang papalit sa 'min dito?" Nakasimangot na aniya, umismid naman ako. **"Ang ganda lang namin, 'di ba? Akala mo kailangang kailangan ng TB ang mga bakla, haha."**

"Malaking pakinabang kayo ni Boy rito," nakangiting tugon ko. **"Kung wala kayo ay baka panay sumbat na ang natatanggap namin mula kina Barb."**

"Oo nga, pero sana ay hindi mo iniiba ang usapan, 'di ba? Ano nga ang ireregalo mo?"

"Hindi ko pa nga alam."

"Nakakaloka ka naman! 'Yong ibang tao ay paniguradong excited na para bukas samantalang ikaw ay parang wala lang! Eh, ano naman ang plano mong isuot?"

"Hindi ko rin alam," kumakamot sa ulong tugon ko.

"Aba, eh, 'wag ka na ring um-attend! Kunyari ay hindi mo rin alam! Letse ka!" Aniya, pilit na tawa na lang ang naisagot ko.

Hindi kasi maganda ang sitwasyon namin ngayon, hindi ako makapag-isip ng tama.

"Sisig sa table 5," sumulpot si Naih mula sa kitchen kaya naman agad kong kinuha 'yon at inilagay sa tray.

♫ ♪ ***"So here I am, and everything's new. I should be happy in love but all I know, I look deep in my eyes. I've never felt so alone and this feeling inside, it's making my heart cry. 'Cause I'm missing you and it's making me blue, yeah. I'm missing you but what can I do? A thousand miles away, from you. So what's the meaning of this? To be living like this, it ain't no fun at all. I wonder where are you now. I miss your love since***

you been gone. I find it hard to go on and this feeling inside, I just break down and cry." ♪ ♫

Nami-miss ko na siya... Ano kaya ang ginagawa niya? Kahit pa abala ako sa ginagawa ko ay hindi siya nawawala sa aking isip. Naiisip niya rin ba ako? Malungkot din ba siya na gaya ko? Kumain na kaya siya? Nakakakain kaya siya? Nakakatulog kaya siya? Maayos naman kaya ang tulog niya?

Kung anu-anong tanong ang naiipon sa isip ko. Lahat nang iyon ay patungkol lang kay Sensui at sa kasalukuyan. Malungkot ang isipin siya pero hindi ko talaga mapigilan. Maging si Kimeniah ay pumasok na rin sa isip ko.

Magkasama pa kaya sila? Ano kaya ang ginagawa nila? Masaya kaya sila?

Muling tumakbo ang oras, mas dinagsa kami ng mga customers. Unti-unti ay nararamdaman ko na ang pagod sa katawan ko. Nagsisimula na akong umubo nang umubo na parang aso. Paniguradong heto na ang panininginil ng aking katawan sa pang-aabusong ginawa ko.

"Hoy, ano? Kaya mo pa?" Sinunggaban ako ni Beka, napaatras naman ako. **"Magpahinga ka na lang kaya ro'n?"** Itinuro niya ang couch.

"Sige, ayos lang ako," umuubong sabi ko.

"'Oy, Max! Magpahinga ka na nga lang!" Pasigaw na ani Naih na lumabas pa mula sa kusina. **"Hanggang doon sa loob ay dinig na dinig ko ang lakas ng kahol mo! Magpahinga ka na lang dahil ako ang nai-stress sa 'yo!"**

"Hindi na, Naih, anong oras na rin, oh? Mayamaya ay uuwi na rin tayo."

"'Wag ka ng makulit! Baka hindi ka pa matuloy sa performance mo bukas niyan, sige ka!" Aniya, natigilan naman ako ng dahil do'n.

"Ano ang performance na 'yan?" Nakataas ang kilay na tanong ni Beka.

"Ah, hehe, wala. Sige, magpapahinga na ako," paalam ko 'tsaka naupo sa couch na di kalayuan sa bar.

Habang nakaupo ro'n ay hindi ko maiwasang pagmasdan ang paligid. Marami ang tao pero nakikita ko sa mga ito ang bawat magkaparehang ang sarap panoorin na maglambingan. Hindi ko naiwasang mangiti habang pinapanood ang isang lalaki na kinukurot ang pisngi ng kaniyang nobya. May isang pares naman na bagaman nakaupo ay sumasabay sa nakakaaliw

na musika, bagay na bagay sila. Hindi ko malaman kung bakit nakalalamang sa lugar na iyon ang mga soloista at may ibang barkada lang ang kasama pero natutuon pa rin sa magkakapareha ang aking buong atensyon. Hindi ko mapigilan ang sarili kong pagmasdan sila. Marahil ay dahil hinahanap ko sa kanila 'yong mga bagay na nasa amin ni Sensui.

Napasandal ako sa couch habang ninanamnam ang makahulugang kanta. Pakiramdam ko ay pinatatamaan ako nito patungkol sa nararamdaman ko kay Sensui. Halu-halong emosyon ang ipinadarama sa 'kin nang kanta. Nalulungkot ako ng sobra sobra at pakiramdam ko ay walang makapagpapaalis no'n ngayon maliban sa kaniya. Kakaibang sakit din ang dinaranas ngayon ng puso ko, sakit na sobra sobra rin pero kayang dalhin ng katawan ko. Pakiramdam ko ang dalawang bagay na nararamdaman ko ngayon ang siyang makapagpapabagsak sa aking katawan. Hindi ko man lang maramdamang malapit na akong gumaling, wala rin akong pakialam kung kailan ako gagaling. Hindi pa rin maganda ang pakiramdam ko pero hindi man lang 'yon sumagi sa isip ko. Sa ngayon ay punong puno nang imahen ni Sensui ang aking isip. Lahat ay patungkol sa kaniya maging ang samu't saring tanong na nagpapaikot-ikot lang sa utak ko.

"And now I'm thinking how I can repay?" sabi nang kanta. Sa hindi inaasahan ay nag-isip ako ng mga paraan kung paano nga naman ako makakabawi sa kaniya. Wala akong mahitang bagay na puwedeng makapagpabago ng isip niya, na puwedeng maging dahilan para bumalik kami sa dati.

Sa tingin ko ay hindi mo alam kung gaano ako nasasabik na makasama ka. Nakapanghihina ang ganiyang trato mo sa 'kin.

"I know that there were times when you almost gave up. And I couldn't blame you if you did just that." Muling sabi nang kanta, pakiramdam ko talaga ay para sa 'kin 'yon, pinatatamaan ako. Hindi ko maintindihan kung bakit pumasok sa isip ko ang lahat ng mga paghihirap na sinasabi niyang dinanas niya dahil sa 'kin. Tinatanong ko tuloy ang aking sarili kung pinahirapan ko ba talaga siya? Sa ngayon ay hindi ko alam kung bakit pakiramdam ko ay napakalayo niya. Nagtatanong ng paulit-ulit ang isip ko kung ano ba ang maling nagawa ko para layuan niya ako ng gano'n?

Napapikit ako at napahilamos sa aking mukha habang ninanamnam pa rin ang sinasabi nang kanta. Lalo lang niyong dinaragdagan ang sakit at lungkot na nararamdaman ko pero kusa iyong pinakikinggan ng tainga at

puso ko. Sumisibol sa kalooban ko ang pagsisisi sa bagay na hindi ko naman alam kung para saan.

Kailangan kitang makita, Sensui. Handa akong humingi ng tawad sa bagay na hindi ko namalayang nagawa ko na siyang ikinagalit mo. Basta ipangako mong babalik na tayo sa dati. Hindi ko na kaya ang isang araw pang ganito tayo. I need to see you... I want to see you...

Tumingin ako sa aking relos 'tsaka nagmadaling tumayo. Napansin naman agad ako ni Beka kaya naman sa gilid ng mga mata ko ay nahagip niyon ang pagsunod niya.

"Hoy, bakla! Saan ka pupunta?" Tanong niya.

"May pupuntahan lang ako," wala sa sariling naisagot ko habang hinuhubad ang hairnet at apron.

"Gaga! Ala-una na ng gabi, okay ka lang? At sa ganiyang lagay pa talaga, ha?"

"Pupuntahan ko si Sensui," biglang sagot ko, natigilan naman agad siya.

"Magpaalam ka muna kay Naih," nakangusong sabi niya.

"Ikaw na lang ang magsabi, aalis na ako," paalam ko 'tsaka nagmadaling umalis.

"Hoy! Bakla ka! Mag-iingat ka, ah!" Dinig ko pang sigaw niya, itinaas ko naman ang kanang kamay ko bilang senyas.

Bahala na kung ano ang mangyari, gusto ko talaga siyang makita.

Mabilis akong sumakay sa aking motor at agad din na pinaandar 'yon. Habang nasa daan papunta sa bahay nina Sensui ay kakaibang kaba ang aking naramdaman. Pakiramdam ko ay pupunta ako sa lugar kung saan ako bibitayin, samantalang ang totoo ay siya lang naman ang pupuntahan ko.

Ngunit mas bumilis ang tibok ng puso ko nang marating ko ang bahay nila. Mukhang tanga akong tumunganga sa harapan niyon at hindi malaman kung ano ang unang bagay na dapat na gawin. Kilala naman na ako nang guard kaya madali na sa 'kin ang makapasok sa village nila. Hindi nga lang ako sigurado kung walang sisita sa 'kin kapag may nakakita sa 'king nakatulala lang sa labas nang bahay.

Nakakainis! Tama bang nandito ako o ipapahiya ko lang ang sarili ko? Tsk. Hindi ko alam.

Sarado na ang mga ilaw sa ibaba nang bahay at ang mga ilaw na lang sa labas ang siyang bukas. Agad kong inilabas ang cell phone ko mula sa bulsa at i-d-in-ial ang number niya. Ngunit nagpaulit-ulit lang ang pagri-ring

niyon at hindi niya sinagot. Nagpaulit-ulit din ang pagtawag ko ngunit hindi ako nawalan ng pag-asa. Habang pinakikinggan ang pagri-ring ng number niya ay ang paulit-ulit kong hiling na sana ay sagotin niya rin.

"Hello?" Hindi ako nabigo, sinagot niya 'yon. Nanlamig agad ang buo kong katawan nang marinig ang parang bagong gising pa na boses niya.

Sa madaling salita ay nakatulog siya kahit na ganiyan ang sitwasyon ninyong dalawa.

Bumagsak ang magkabilang balikat ko nang dahil sa isiping 'yon. **"Hello?"** Parang galit pang usal niya muli sa kabilang linya, natinag naman ako.

"Ako 'to," halos mautal na tugon ko, sandali siyang natahimik.

"Oh, bakit?" Tanong niya, lalo naman akong kinabahan dahil galit yata talaga siya.

"Nandito ako sa harap ng b-bahay ninyo."

"Ano ang ginagawa mo diyan?" Halatang hindi niya nagustohan ang pagpunta ko.

"Gusto kitang makita," pilit kong pinalalakas ang aking loob.

"Tch. Sa ganitong oras? Nahihibang ka na ba?" Pasinghal niyang tugon, natigilan naman ako. **"Natutulog na ang lahat ng tao rito. Umuwi ka na lang."**

"Babe..." Naiusal ko pero hindi siya tumugon. Doon ko naramdaman ang pangingilid ng aking mga luha, nahawakan ko agad ang bibig ko upang hindi na makagawa pa ng ingay. **"Ano ba ang nagawa ko? Bakit bigla kang nagkaganito sa 'kin?"** Pigil ang luha na tanong ko ngunit hindi siya sumagot.

Napasandal ako sa aking motor habang pinipigilan ang emosyon ko, ayaw kong isipin niyang umaarte lang ako. Mariin din ang pagkakahawak ko sa aking cell phone dahil hindi ko alam kung saan ilalabas ang kaba na nararamdaman ko.

"Puwede ka bang bumaba rito? Gusto kitang makita," pakiusap ko habang sumisinghot ngunit hindi pa rin siya sumagot. **"Babe..."** Muling usal ko, pakiramdam ko ay pinipiga ang puso ko.

Sinadya kong ilayo ang telepono, napabuntong-hininga na lang ako sa sobrang pagpipigil ng mga hikbi. Parang napakahirap niyang suyuin, kung tutuusin ay wala akong maalalang ginawa kong mali sa kaniya. Pero hindi ito ang oras para magsilipan kami ng mga tama at mali. Sa oras na 'to ay

gusto ko lang na magkaayos kami kaya kahit na magmakaawa ay gagawin ko.

"Umuwi ka na," malamig pa ring aniya, nanlambot ang aking mga tuhod at hindi ko na napigilan ang pagtulo ng mga luha ko.

"Kahit five minutes lang," pamimilit ko pa.

"Umuwi ka na."

"Four minutes."

"Wala akong oras, matutulog na ako."

"Three m-minutes. Babe, please, kahit three minutes lang."

"Umuwi ka na."

"Two minutes?"

"Tsk! Ang kulit mo naman, eh!"

"Two minutes lang, uuwi ako after two minutes."

"Tsk. Sige, hintayin mo ako diyan," aniya sa tonong napipilitan bago ibaba ang linya, batid kong galit na talaga siya.

Dali-dali ko naman na pinahid ang mga luha sa mga mata ko at pilit na inayos ang aking sarili. Sandali pa akong naglakad-lakad sa harap ng motor ko hanggang sa marinig ko na tumunog ang gate nila kaya naman agad na akong napalingon doon.

Lakasan mo ang loob mo, Maxpein. Tss. Bakit ba ganito ang nararamdaman ko?

Hindi ko maipaliwanag ang bilis ng tibok ng puso ko habang papalapit siya sa 'kin, noon ko lang naramdaman uli 'yon. Takot na takot ako kahit alam kong wala naman kaming ibang gagawin kundi ang mag-usap. Ang kabang iyon ay daig pa iyong mga sandaling nasa peligro ang buhay ko at alam kong may hindi magandang mangyayari. Pakiramdam ko ay iyon ang unang beses na kinabahan ako ng gano'n katindi at siya ang dahilan.

Lumapit siya sa 'kin ng blangko ang tingin, tumitig pa siya at bumuntong-hininga. Wala pa man kaming napag-uusapan, pakiramdam ko ay nabubugnot na siya. Tumayo siya ng ayos sa harap ko habang nakapamulsa sa kaniyang pjama. Bahagya pa akong napasandal muli sa aking motor, pakiramdam ko kasi ay tutumba ako sa sobrang pangangatog ng mga tuhod ko. Pinagkapit ko ang dalawa kong kamay upang hindi tuluyan na manginig sa harap niya ang mga iyon.

"Oh?" Matigas ang tonong panimula niya, napalunok naman ako.

"Thank you," wala sa sariling tugon ko, pinipigilan ang aking emosyon.

Ngunit hindi ko na alam kung ano ang sasabihin, nauubusan ako ng mga salita. Ang kaninang mga plano ko ay nawala nang makita ko ang kaniyang mukha. Sa sobrang kaba ko ay hindi ko na rin magawang makapag-isip ng tama.

"Bilisan mo dahil two minutes lang 'to--no," umiling siya at bumuntong-hininga. **"Let's make it one, one minute will do."** Tumangu-tango pa siya, nanlumo lalo ako. **"Go on and tell me why are you here?"** Malamig na aniya.

"Gusto lang sana kitang makausap."

"Kinakausap mo na ako," kasabay niyon ay ang paghangin ng malakas dahilan upang maramdaman ko lalo ang panlalamig niya.

"Gusto kitang makita."

"Nakikita mo na ako."

"Babe..." Naiusal ko ngunit agad niya akong tinalikuran, ikinagulat ko iyon. Ngunit nang umasta siyang maglalakad papalayo ay ngali-ngali akong pumunta sa kaniyang harapan upang maharangan siya. **"Saan ka pupunta?"** Kabadong tanong ko pa.

"'Wag mo akong tawagin ng *ganiyan*, hindi ako aalis," mariing pag-uutos niya, sandali akong natigilan. Umangat pa ang aking mga balikat nang humugot ako ng isang malalim na hininga.

"Sorry," naiusal ko, kumurap lang ang mga mata niya. **"Nalilito ako at naguguluhan. Gusto kong malaman, Sensui, bakit nagkaganito tayo ng bigla?"** Kabado pa rin na tanong ko.

"Anong ganito?" Inosente namang tanong niya.

"Bakit ka n-nakipag-break sa 'kin?" Pigil na pigil ang emosyon na tanong ko. Nararamdaman ko ang papalapit na pangingilid nga aking mga luha kaya naman muli akong huminga ng malalim upang mapigilan 'yon.

"Hindi mo alam?" Inosente pa rin na tanong niya, natigilan ako 'tsaka napailing habang nakatitig sa kaniya.

"Hindi ko kasi maintindihan, eh. Ayos naman tayo kahapon, 'di ba?"

"Oo, tapos?"

Tapos? Anong tapos?

"Tapos?" Panggagaya ko sa tanong niya, napaisip ako ng sobra at sunod sunod na tanong ang idinulot no'n sa 'kin. Napapikit pa ako ng dahil sa kaba at habang napapalunok pa. **"May nakita ka ba?"** Nag-aalala namang tanong ko.

"Anong nakita?" Nagpapakainosente pa rin siya, pakiramdam ko ay nais niya lang na sa 'kin manggaling ang lahat.

"Nakita mo ba kami ni Randall--"

"Iyon!" Naikumpas niya pa ang kanang kamay, natigilan ako, nanlalaki ang mga matang napatitig sa kaniya. **"Sa wakas ay nasabi mo rin!"** Pasinghal nang dagdag niya, lalo akong natigilan.

"Nakita mo?" Napapalunok kong tanong.

"Tch, hahaha," humalakhak pa siya kunyari, hindi ko maintindihan ang pakikitungo niya. **"Alam mo naman pala, eh, bakit nagtatanong ka pa?"**

Ilang beses pa akong kumurap at bumuntong-hininga bago muling nakapagsalita. **"Nakita mo kami 'tapos ay nakipag-break ka na sa 'kin?"**Naguguluhang tanong ko, hindi siya sumagot. **"Anong klase na dahilan 'yon, Sensui?"** Hinayaan ko ng mangilid ang mga luha ko.

Pilit kong itinikom ang aking bibig dahil kung hahayaan kong nakabukas iyon, pakiramdam ko ay mag-iingay bigla ang hikbi na kanina ko pa pilit na pinipigilan. Ilang beses na akong nag-isip pero hindi ko pa rin maintindihan. Wala akong mahitang dahilan para humantong kami sa ganito. Nakapanlulumo ang paraan niya ng pakikitungo sa 'kin. Para bang wala kaming oras na pinagsamahan at kahit kailan ay hindi siya naging masaya sa 'kin.

Paano naging ganito kadali sa kaniyang bale-walain ang lahat ng 'yon? Gano'n ba talaga kalaki ang pagkakamaling nagawa ko para sa kaniya? Ganito ba talaga siya katigas? Paano niya nagagawang iwasan at layuan ako ng ganito? Paano niya natitiis na hindi ako makita at makausap? Nasaan na 'yong lalaking dati ay hindi kaya na malayo sa 'kin? Nagsisisi na ako, bakit kailangang maging ganito ka pa rin sa 'kin?

Ipinilig niya ang ulo 'tsaka tumitig sa 'kin ng mas seryoso. **"Hindi mo na ba natatandaan 'yong sinabi ko?"** Napakatalas ng kaniyang titig, hindi ako nakasagot. **"Isang lapit mo pa sa kaniya... malaya ka na,"** pag-uulit niya, lalong dumagundong ang kaba sa dibdib ko. **"Alin ang hindi malinaw ro'n?"**Sarkastikong tanong niya dahilan upang lalo akong hindi makapagsalita. Tumitig pa siya sa 'kin, balatay sa mga mata niya ang galit. **"Gusto mo bang ulit-ulitin ko pa? Baka sakaling matandaan mo na, pahalagahan mo pa. Isang lapit mo pa sa kaniya... malaya ka na,"** nakikita ko ang pangingilid ng mga luha sa mga mata niya ngunit di rin nagtagal ay iniiwas niya ang mukha sa 'kin upang pahirin 'yon.

Napayuko naman ako, hindi malaman kung anong isasagot sa kaniya. Hindi ko alam kung paano akong magpapaliwanag o kung may dapat pa ba akong ipaliwanag. Hindi ko naisip na posibleng mangyari ito bagaman naisip kong seryoso siya sa kaniyang sinabi.

Nanatiling mabilis ang tibok ng puso ko ngunit ngayon ay may kahalo na naman iyong lungkot at sakit. Nanghihina ang mga tuhod ko at pakiramdam ko ay sasabog na ang ulo ko sa sobrang pag-iisip. Nakukulangan pa rin ako sa dahilan bagaman ngayon ay alam ko na, pinaghinalaan ko na rin naman ang dahilan na 'yon ngunit hindi ako nawawalan ng pag-asang magkakaayos kami.

"'Wag mo namang gawin sa 'kin 'to," mariin na pakiusap ko ngunit wala sa kaniya ang aking paningin, hindi ko alam ang reaksyon ng mukha niya. **"'Wag naman sana ito ang hilingin mo."**

"Hiniling ko ba?" 'Ayun na naman 'yong malamig na pakikitungo niya. **"Hindi ko hiniling 'yon dahil banta 'yon. Pero hindi mo yata pinakinggan,"**nakangiwi siyang humalakhak. **"Iyon ka naman, eh, 'di ba? Ikaw 'yong kilos nang kilos basta-basta? Kasi masiyado kang matalino, Taguro. May mga bagay bagay diyan sa isip mo na ginagawan mo ng lusot sa paraan na gusto mo. Binibigyan mo ng dahilan sa paraan na alam mo kahit *ako* 'yong sinasaktan mo."**

"Pero hindi naman sapat na dahilan 'yon para iwanan mo ako," gumagaralgal ang tinig na sagot ko, sa oras na ito ay hindi ko na magawang pigilan pa ang emosyon na naghahalo-halo sa kalooban ko. **"Hindi ko maintindihan dahil parang napakalaki naman ng kasalanan na nagawa ko?"**

Pilit na ngiti ang iginanti niya sa kabila ng pangingilid ng kaniyang mga luha. **"Para sa 'yo iyon. Para sa 'kin ay sapat na 'yon,"** nagtiim ang mga bagang niya. **"Sapat na iyon para lumayo ako sa mga dahilan kung bakit ako nasasaktan."** Mariing aniya, parang piniga ang puso ko.

"Deib..."

Pinahid niya ang mga luha 'tsaka tumingin sa 'kin ng deretso. **"Hindi ba puwedeng maging masaya ka na lang para sa 'kin? O di kaya naman ay magalit ka na lang sa 'kin?"** Nag-uutos ang kaniyang tono, lalo akong naguluhan. **"Mas tatanggapin ko 'yon, 'wag lang ang ganito."** Lalo akong natigilan at nalito. **"Umuwi ka na, gabi na. Maaga pa akong gigising bukas dahil tutulungan ko silang maghanda para sa party. Magkita na lang tayo bukas ng gabi at inaasahan kong hindi mo na uli**

bubuksan pa sa 'kin ang tungkol sa usapin na 'to, Taguro." Mahabang aniya 'tsaka biglang tumalikod, agad akong lumapit upang pigilan siya.

Mariin ang pagkakahawak ko sa kaniyang braso, dahan dahan siyang bumaling sa 'kin, nilingon ang kamay kong nakahawak sa braso niya bago tumingin sa 'kin.

"Sabihin mo sa 'kin kung ano ang dapat kong gawin, gagawin ko," mariing pakiusap ko, 'tsaka ako nag-angat ng tingin upang tingnan ang mga mata niya.

Ngunit hindi siya agad sumagot. Sandali siyang tumitig sa aking mga mata 'tsaka huminga ng malalim. **"Just go home... and never come back for the same reason,"** makahulugan na tugon niya, 'tsaka hinawakan ang kamay ko sa kaniyang braso at iniitsa iyon papalayo sa kaniya.

Pinanood ko ang paglalakad niya papasok ng bahay, hindi ko magawang gumalaw sa aking kinatatayuan. Doon nagkasunod-sunod ang pagtulo ng mga luha ko kasabay ng pananakit ng aking puso. Hindi ko napigilang hawakan ang dibdib ko habang pinupunasan ang mga luha sa 'king pisngi.

Mahal na mahal kita, Sensui, bakit kung kailan mahal na mahal kita?

Hindi ko napigilan ang sarili kong emosyon. Kusa akong napaupo sa aking paanan at doon umiyak nang umiyak na parang bata.

OceanofPDF.com

AUTHOR'S NOTE

Hello, JIJIES!

You can now watch **HE'S INTO HER SERIES WORLDWIDE** for **FREE** on **iWANTTFC app**, starring **Belle Mariano** as Maxpein del Valle and **Donny Pangilinan** as Deib Lohr Enrile.

You may follow me on the following social media platforms:

Website: **www.maxinejiji.com**

Facebook: **www.facebook.com/maxinejijistories**

Facebook: **www.facebook.com/hesintoher**

Twitter: **www.twitter.com/maxinejiji**

Instagram: **www.instagram.com/maxinejiji**

Lyka: **maxinejiji**

Tiktok: **maxinelat**

Youtube: **www.youtube.com/maxinejiji**

You may also read my other stories for free here: **www.wattpad.com/maxinelat**

Thank you and stay safe!

- MAXINEJIJI <3

DISCLAIMER : This is a work of fiction. Names, characters, businesses, places, events and incidents are either the products of the author's imagination or used in a fictitious manner. Any resemblance to actual persons, living or dead, or actual events is purely coincidental.

© HESINTOHER.All Rights Reserved. Maxinejiji. 2013.

OceanofPDF.com

CHAPTER 142

KIM'S POV

Alam ko pero hindi ko maintindihan kung bakit pumapayag akong magpagamit kay Deib ng ganito..

I'm sure that he's just making her jealous.

Sigurado ako at alam kong ginagamit nya lang ako para ipakita kay Maxpein na okay sya at hindi sya nasasaktan!

"Let's go??" nakangiting tanong pa sakin ni Deib nung sunduin nya pa ako sa mismong Entrance ng Canteen kung saan kitang kita kami ng grupo nila Maxpein..

"Um-order na ako ng foods, hindi ako sigurado kung magugustohan mo pero sana magustohan mo pa rin.." sabi pa ni Deib at saka ako inalalayan paupo.

Hindi naman agad ako nagsalita at hindi ko rin nagawang tignan ang mga pagkain sa harap namin..

Tumingin ako ng deretso sa kanya ng may pagtataka sa mukha..

Kaya naman nung tignan nya ako ay bahagyang nagulat pa sya.

"What's the problem??" inosenteng tanong nya pa at napabuntong-hininga naman ako.

"Why are you doing this?" seryosong tanong ko at nagsalubong na naman ang mga kilay nya kasabay ng buntong-hininga.

"Doing what?" masyadong seryosong tanong nya pa.

"You're using me to make her jealous---why the hell is that?!" pamamrangka ko sa kanya.

"Jealous??" sarkastiko at nakakalokong tanong nya pa! **"Hahahahaha.. Where the hell did you get that???"** natatawa pa kunwaring tanong nya! **"What makes you think that you're someone na makakapagselos sa kanya??"** sarkastikong tanong nya at natigilan naman ako. **"Stop acting like you know a lot about me Kim.. because you don't.. What you know about me are the things that I want to show you.. I'm not making her jealous.. But I'm doing this for her.."**

"W-Why??"

"Just eat your food.." nakangising sagot nya. **"And never ask about her again.."** seryosong utos nya pa kaya naman nakaramdam ako ng kaba at saka nagsimulang kumain.

I don't understand you, Deib.

Hindi ko talaga kilala ang Deib na nasa harapan ko simula pa kahapon..

Hindi ko sya maintindihan pero nararamdaman ko ang galit nya..

Wala akong alam sa nangyari pero nasisiguro kong merong nangyari..

You're confusing me.

Ramdam ko ang sakit na nararamdaman nya..

Feeling ko.. ako mismo ay nasasaktan para sa kanya.

"Tomorrow.. is my birthday.." biglang usal nya kaya naman natigilan ako sa pagsubo at saka dahan dahang naingat ko ang paningin ko sa kanya..

Ayun na naman yung blangkong mukha nya..

Nananatili syang nakatingin sa mga food habang nakatingin ako sa kanya..

"I want to hear your final answer.." dagdag nya at saka nya pa lang ako tinignan. Bahagya pa akong napagalaw sa talas ng pagkakatitig nyang yun. **"Are you willing to be my girlfriend??"**

"D-Deib.."

"Yes.. or no??"

Hindi ako nakasagot!

I'm so confused and I can't think!

Nabibigla ako sa mga sinasabi nya kaya naman hindi ko alam kung saan ako kukuha ng mga isasagot ko sa kanya!

Masyado syang COLD!

Nakakatakot ang mga tingin nya!

Sa twing titingin sya sakin feeling ko matutusok ako sa super talas ng mga tinging yun!

Ang bilis bilis ng tibok ng puso ko and that's the only thing I can hear right now! I wanna ask him pero nakakatakot syang tumingin! I'm afraid that.. hindi nya magustohan ang tanong ko at bigla nya na naman akong sigawan!

He's just using you, Kimeniah! Are you going to allow that?!

Damn it.. I hate making decisions!

"I'm waiting, Kim.." dagdag nya pa kaya mas napressure ako! **"Yes.. or no??"**

Think about it Kim!

Think hard!

Pero nalilito pa rin ako!

Hindi nagbago ang bilis ng tibok ng puso ko at gulong gulo ang isip ko!

This is what I'm waiting for.. He's offering me something na ilang araw---ilang linggo kong iniyakan! He's giving me a second chance and he's waiting for my answer.

Decide now, Kim!

P-Pero... Kung papayag akong magpagamit sa kanya anong mapapala ko?!

Alam kong hindi ako ang mahal nya! Anong magiging papel ko?!

B-Bahala na.. S-Sa ngayon.. m-mahal ko talaga sya e.. Kaya bahala na..

"Y-Yes.." naisagot ko at nagliwanag naman ang mukha nya. **"But in one condition.."** dagdag ko at muling nagsalubong ang kilay nya.

"What??"

"Forget her.."

"W-What??" natatawang ulit nya at tumitig lang ako sa kanya at hindi na nagsalita. Ipinatong nya naman ang siko nya sa table at saka nakapangalumbaba'ng tumingin sakin habang nakakainsulto ang ngiti nya! **"Ikaw nga.. hindi ko nagawang kalimutan---sya pa kaya?? Don't give me *'stupid'* conditions, Kim.."**

Iiling-iling syang tinawanan ako at saka muling nagtuloy sa pagkain nya.

Maya maya pa..

"Are you done??" tanong nya pa at tumango naman ako. **"Hindi na kita maihahatid sa room nyo, tinatamad akong umakyat.. Magkita na lang tayo mamaya sa parking lot.. Ihahatid kita---"**

"Hindi na.."

"Ihahatid kita.." pagmamatigas pa nya at saka tumayo. **"See you later.."**

WTF is this?! This is it?!

Ano bang pinapasok mo Kim?!

Stupid!

Pinanood ko pa syang maglakad papalayo!

LEE'S POV

Wala akong maintindihan sa nangyayari at alam kong hindi lang ako ang ganito.. Alam kong lahat kami ay pare-parehong nangangapa sa nangyayari sa pagitan nila Maxpein at Deib..

Maging si Tob ay nahihirapang magbiro ngayon dahil hindi namin pareho mahuli ang mood ni Deib ngayon..

Masyado syang COLD munit sa isang banda ay bigla mo syang makikitang tumatawa kahit wala namang nakakatawa!

Hindi sya madaling kausapin ngayon dahil wala kang makukuhang matinong sagot mula sa kanya! Pabalang lagi ang sagot nya at wala sa hulog ang mga biro nya!

Konting biro ni Tob sa kanya ay tititigan nya lang si Tob na animong walang buhay ito at saka muling magbabalik sa ginagawa nya akala mo ay walang narinig..

Walang nakakaalam kung anong tunay na nangyari sa kanila..

Pero hindi kailanman naging tama para sakin ang mauwi sa ganito ang relasyon nila..

Napatingin ako kay Max habang napipilitan syang kumain..

Nararamdaman ko ang lungkot na nagmumula sa kanya..

Sobrang tahimik nya at nag-aalala ako sa twing magpupunas sya ng mukha nya dahil pakiramdam ko.. ano mang oras ngayon ay luha na ang tutulo sa mga pisngi na..

Para kaming mga tanga'ng sobra sa tahimik at nagpapakiramdaman..

Lahat kami ay nasasaktan para sa kanilang dalawa ni Deib.. lalo na at si Kim ang kasama ni Deib na kumain ngayon..

"S-Sorry.." biglang usal ko at natigilan ang lahat at napatingin sakin, maliban kay Max na syang mismong tinitignan ko. Natigilan sya munit agad ring nagtuloy sa pagkain. **"A-Alam kong.. ayaw mo makakarinig ng sorry mula sa tao'ng wala namang ginawa sayo pero.. g-gusto kong magsorry sayo d-dahil alam kong nasasaktan ka ngayon.."**

"I don't wanna talk about it.." biglang sagot nya kaya napabuntong-hininga ako pero hindi ako tumigil.

"H-Hindi ko alam kung anong nangyari sa inyo pero.. s-sa tingin ko pinakamagandang gawin nyo ngayon ay m-mag-usap muna?? Yung kayong dalawa lang.."

"Wala akong sasabihin sa kanya e.."

Bakit ba sya ganyan??

"M-Max.." naiusal ko pa.

"Hindi ako makapaniwala sa nangyayari.." galit ang tono'ng sabat ni Naih. Napatingin naman ang lahat sa kanya. **"B-Bakit kailangang magkaganito---okay na okay naman kayo kahapon di ba?! Bakit**

biglang nagkaganito!?" galit talagang tanong nya at nagsisimulang mamuo ang tensyon sa mesa'ng kinakainan namin.

"Wag na nating pag-usapan.." si Max.

"Hindi e.. Anong wag ng pag-usapan?! Papayag ka na lang ng ganyan?! Ano ka ba?!" inis na tanong pa ni Naih sa kanya. Nananatili namang nakayuko si Max sa kinakain na. **"Okay kayo kahapon tapos biglang ngayon----break na kayo?! Wow! Ang ganda ng schedule nyo ah!? S-Sabihin mo nga sakin.. a-anong nangyari sa inyo kahapon?!"**

"Hindi ko alam.."

"Anong hindi mo alam?!" galit paring tanong ni Naih sa kanya kaya naman napahawak ako sa braso ni Naih at nilingon nya naman ako kaya binigyan ko sya ng makahulugang tinign..

Stop it..

Nakikiusap ang tinging binigay ko kay Naih.

"Hindi pwedeng ganito na lang Max.. Hindi sya patas!" malakas na sabi na naman ni Naih! Nanatili namang tahimik si Max sa kanya at ang iba ay nakikinig lang sa kanila at hindi magawang sumabat dahil ramdam namin ang tensyon na namumuo sa pagitan nila. **"N-Naiintindihan kong nasasaktan kayo pareho pero hindi naman tama'ng ganito na lang, Max.. Hindi tayo naglalaro dito..."** natatawa kunwaring usal nya at saka muling sumeryoso. **"Mag-usap kayo.."**

"Anong sasabihin ko?" walang ganang tanong ni Max.

"Kung bakit kailangang umabot sa ganito..?? Bakit break agad?! Kung nasaktan mo sya---pano!? Sa anong paraan!? Bakit hindi sya nagpapaliwanag?! Bakit sya nakipagbreak?! Bakit si Kim!? Anong meron kay Kim---bakit kailangang magkasama na naman sila ni Kim?! Anong gusto nyang palabasin!!!"

"Naih.. marami pa akong kailangang problemahin kesa dyan.."

"A-Ano?!" hindi makapaniwalang tanong ni Naih sa kanya!

"K-Kung yun ang gusto nya.. edi hayaan mo nalang.. M-Marami pa akong dapat problemahin kesa sa kanya.."

"Max.." parang nakikiusap na namang tawag pa ni Naih sa kanya. **"Aminin mo man o hindi.. alam kong nasasaktan ka! A-Anong maraming dapat problemahin?! Psh! E kelan ka ba nawalan ng problema?! Ha?! Hindi naman di ba?! Dumagdag lang sya! Wag kang pumayag ng ganyan!"**

"Kaso---ano ngang gagawin ko?! Lalapitan ko sya at itatanong lahat ng tinanong mo?!"

"Oo!"

"Baket nga?!"

"Dahil yun ang tama!!" sigaw ni Naih sa kanya dahilan para muling matigilan si Max at mapayuko sa kinakain nya na nilalaro na lang naman nya. **"Dahil girlfriend ka nya at hindi porket nakipagbreak sya ay papayag ka na lang basta! May karapatan ka pa ring kumprontahin sya at alamin kung bakit nauwi sa ganon ang desisyon nya!"**

"Hindi ako interesadong malaman.."

"M-Max.." tawag na naman ni Naih sa kanya munit sa mababang tono na. Napabuntong-hininga naman si Max habang malayo ang tingin sa kanya. **"K-Kahit ngayon lang.. kausapin mo sya! Tanongin mo sya! Dahil sinasabi ko sayo--kung hindi mo aalamin ang mga dahilan nya magsisisi ka!"**

"Alam ko na.. sinabi nya na.."

"T-Tapos???" interesadong tanong pa ni Naih.

"N-Naiintindihan ko yung desisyon nya.."

"Na a-ano??"

"Nasasaktan ko sya.."

"Max.."

"N-Naih.. hindi pa ko handang pag-usapan.. A-Ang gulo gulo ng utak ko.. h-hindi ko alam kung anong uunahin ko sa dami ng iniisip ko.. Ayokong pag-usapan.. Mas gusto kong mag-isip.."

"Kelan nyo pa pag-uusapan kung ganon?? Kung kelan pareho na kayong nakamove on??" sarkastikong tanong ni Naih at hindi naman nakasagot si Max. **"Hindi pwede.. Pag-usapan nyo yan.."**

"Sa t-tingin ko ay tama si Naih, Max.." biglang sabat ni Tob pero walang lumingon sa kanya.. Lahat kami ay nananatiling nakatuon kay Maxpein ang paningin. **"S-Sinubukan ko ring kausapin si Deib pero.. h-hindi ko sya makausap ng maayos.. Sa tingin ko.. kayong dalawa lang ang makakapag-usap ng maayos.. B-Birthday nya bukas.. kaya sana.. magkaayos kayo ngayon bago pa man dumating yung birthday nya bukas.. S-Sana maayos nyo yan.."**

Napayuko lalo si Max at mas bumigat ang buntong-hiningang pinakawalan nya...

"Wala akong maisip na sasabihin sa kanya.. M-Masyadong masama ang pakiramdam ko para makipagtalo pa sa kanya.." mahinang usal ni Maxpein.

"Bakit ka makikipagtalo kung pwedeng makipagbati ka na lang??" sarkastikong tanong na naman ni Naih.

"Hindi naman kami nag-away e.. bakit ako makikipagbati?"

"Makipagbalikan ka!"

"Kung ayaw nya na--anong magagawa ko?? Sya ang nakipagbreak---ako ang makikipagbalikan?? Anong klaseng kalokohan yan??"

"Yan ang hirap sayo e! Pinaninindigan mo masyado ang pagiging hambog mo---"

"Dahil hindi ako katulad mo!" biglang sigaw ni Maxpein sa knaya dahilan para matigilan ang lahat. **"Hindi ako tulad mo na mabilis makacope up.. mabilis makaintindi.. mabilis makapag-isip---Naih hindi ako ganon.. eto ako.."** dagdag pa ni Maxpein na itinuro pa ang sarili. **"Kung yun ang desisyon nya edi irerespeto ko yon.. kung hindi mo yun matanggap.. hindi ko na problema yun.. Sa ngayon ay mas gusto kong mag-isip.."**

"So tatanggapin mo na lang?? Kahit nasasaktan ka.. accept accept nalang?? Then move on?? Wow.. Ending sinong magsasuffer?? Ikaw lang?? Mananahimik ka na naman sa isang tabi at ang buong mundo ang mag-aadjust sayo kasi ganito ka.. ganyan ka?? Ganon?? Tapos ilang taon ka na namang mabubuhay ng tahimik at nasasaktan?? Kasi inuna mo na naman ang pride mo dahil akala mo tama lahat ng laman ng utak mo!?"

"Shut up.." mahinang pakiusap ni Max pero hindi natinag si Naih.

Tumayo sya at saka hinila si Maxpein.

"Tumayo ka dyan!" utos pa ni Naih sa kanya.

"Z-Zarnaih.." pigil ko pa sa kanya.

"Tumayo ka dyan, Maxpein.. kakausapin natin si Deib.."

Napatayo rin ako at napakamot sa ulo ko.

"Tumayo ka dyan---dalian mo!" sigaw ni Naih at saka hinila si Maxpein na nagpahila rin naman di kalaunan sa kanya.

Kabado'ng napasunod na lang kami sa kanila..

"Kung ikaw--papayag na masaktan na lang basta basta.. Ako hinde! Kasi alam kong mahal nyo ang isa't isa! Pareho lang kayong hindi

makaintinde!" sigaw pa ni Naih habang hila hila si Max paakyat sa building namin!

Sumunod kaming lahat sa kanila hanggang sa tuluyan naming marating ang room namin..

Nakita namin si Deib na mag-isang nagsasoundtrip sa loob ng classroom..

Magkakrus ang dalawang braso habang nakapikit at nakapandikwatro.

"Deib!" tawag ni Naih sa kanya pero hindi sya nito nadinig.

~BLAAAAG!!~

SINIPA NI NAIH ANG DALAWANG UPUAN SA HARAP NYA!!

Kaya naman inis syang sinulyapan ni Deib!

Isa isa pa muna kaming tinignan ni Deib ng salubong ang mga kilay nya at saka muling bumalik sa kaninang pwesto nya at muling pumikit!

Kaya naman agad na lumapit si Naih kay Deib at bago pa man nito tuluyang malapitan si Deib ay binitiwan nya na ang pagkakahawak kay Maxpein at saka tuluyang hinila ang earphones mula sa tenga ni Deib!

Kaya naman inis na namang napatingin si Deib kay Naih at saka galit na tumayo!

"Ano bang ginagawa mo!" sigaw ni Deib sa kanya!

Galit na tumingin si Naih kay Deib at si Deib naman ay ganon rin sa kanya! Isa-isa pa muna kaming tinignan muli ni Deib ng salubong ang kilay nya at saka muling tumingin kay Naih!

"Ano na namang problema mo ha, Parrot?!" inis na tanong ni Deib sa kanya. Munit hindi agad sya sinagot ni Naih. Hinila nyang muli si Max at pabatong iniharap kay Deib!

"Mag-usap kayo!" sigaw pa ni Naih at taka naman syang tinignan ni Deib at saka tumingin kay Max!

"Tungkol san??" salubong ang kilay na tanong ni Deib kay Max na sinuklian lang nito ng buntong-hininga! Kaya naman muling bumaling si Deib kay Naih. **"Ano bang trip mo!?"**

"Bakit nakipagbreak sa kanya?!" galit na tanong ni Naih at nakinig naman ang lahat sa kanila.

"E anong pakialam mo!?"

"Kaibigan ko sya!"

"Oh e ano naman?! Kaibigan ko rin naman ang mga 'to.." turo samin ni Deib**. "..pero hindi naman nila ako pinapakialaman.. Kaibigan ba kita?!"** mayabang na tanong ni Deib sa kanya.

"Tigilan mo ko sa pamimilosopo mo---alam kong alam mo ang pinupunto ko! Mag-usap kayo ni Maxpein! Alam kong hindi malinaw sa inyo pareho kung bakit kayo nagkaganito!"

"Alam mo naman pala e?! Bakit nagpupumilit ka pa?! Kung alam mo namang palang hindi malinaw saming dalawa.. bakit nangingialam ka pa?! Sa tingin mo---lilinaw lahat yun kapag umepal ka?? Hahahahahaha! Ganon ka ba katalino para paliwanagin ang mga malalabong usapan ng iba??" sarkastiko at galit na tanong ni Deib kay Naih!

"May sakit sya!" sigaw ni Naih at natigilan si Deib!

Bahagyang napatitig si Deib kay Naih at saka dahang dahang nilingon si Maxpein na nakatungo lang at blangko ang mukhang nakatingin sa sahig habang nakikinig sa usapan nila..

Ilang segundo rin syang tumitig kay Maxpein at saka bumuntong-hininga at saka muling tumingin kay Naih.

"A-Anong sakit?!?" pilit itinatago ang pag-aalalang tanong ni Deib!

"May lagnat sya, kahapon pa.. Pero kahapon ng hapon, ayaw nyang umuwi.. dahil gusto ka nyang makasama.. Umuwi sya kahapon ng basa'ng basa sa ulan, galing sa paghihintay sayo dahil ang sabi mo ay susunduin mo sya---pero sa huli umuwi syang naulanan.. Kaya nagyon?? Puputok ang termomiterrr kapag isinalpak ko sa kili-kili nyan!" sigaw ni Naih at napakurap ng sunod sunod si Deib habang nakikinig sa kanya! **"May sakit na nga sya---ganyan ka pa rin makisama sa kanya?! Nasan na yung Deib na isang sulyap lang ni Maxpein nagtatatalon sa tuwa?! Nasan na yung Deib na nagiging demonyo kapag may kumanti kay Maxpein!? Kung may pinag-awayan kayong dalawa---hindi ba pwedeng pag-usapan nyo muna ng maayos bago kayo magbreak?! Kasi---kasi.. kahit na kaibigan lang nya ako nasasaktan ako para sa inyong dalawa! Nasasaktan rin ako lalo na't alam kong mahal nyo ang isa't isa----!!!!!"**

"Ano bang sinasabi mo dyan?!"

Gulat na naman kaming napatingin kay Deib sa galit nyang tanong na yun!

"Ha! Ahhh.." tatangu-tango kunwaring sang-ayon ni Deib. **"Kaya mo sinasabi sakin ngayon 'to.. dahil inaasan mong maaawa ako sa kanya kapag nalaman kong may sakit sya??"** sarkastikong tanong pa ni Deib. **"Inaasahan mong kapag sinabi mo saking inaapoy sya ng lagnat ay**

babalikan ko sya at magkakandarapa akong suyuin sya?? Ha, Parrot?! Hahahaha! T*nginang imahinasyon yan---san yan nanggaling?!" nakakalokong tanong pa ni Deib na nakatingin ng deretso kay Naih habang nakangiti! At saka sya sumeryoso at muling bumakas ang galit sa mga mata ni Deib! **"Kung ganon e nagkakamali ka.."** seryosong seryosong dagdag pa ni Deib. **"Nagkakamali ka dahil.. kahit pa kumbulsyonin yan sa harap ko.. hindi ko na sya babalikan.."**

NATULALA ANG LAHAT KAY DEIB!

"D-Deib.." si Tob. Pero hindi sya nagawang lingunin ni Deib.

"Alam mo.. Hindi sa lahat ng oras.. magandang nakikialam sa gulo ng iba ang tulad mong kaibigan.. Kasi nagmumukha kang trying hard e.. Tulad na lang ngayon.." ngumisi pa si Deib sa kanya. **"T.H. na T.H. ang dating mo---"**

~PAAAAAKKK!!!~

Napahawak si Deib sa pisngi nya sa sobrang lakas ng SAMPAL na yun ni Naih sa kanya!

Dinilaan pa ni Deib ang labi nya at saka ngumisi ng bahagya bago pa muling lingunin si Naih na galit na galit ang matang nakatuon sa kanya!

"Kung trying hard ako---lintek ka, ano ka pa?!" sigaw na naman ni Naih! **"Wala ng mas trying hard pa sayo, Deib.. King ina kung pwede nga lang gawing description ng pagkatao ang salitang trying-hard, pwedeng pwede ng idikit ang pangalan mo sa sobrang lapit mo sa ibig sabihin ng TH!! Anong sabe mo!? Kahit kumbulsyonin sya sa harap mo---hindi mo na sya babalikan?! Hahaha! Pakyu!!!"** malakas na sigaw ni Naih sa mukha nya! **"Siguraduhin mo lang na kaya mong panindigan lahat ng sinabi mo.. dahil kapag dumating sa punto'ng marealized mong mali lahat ng ginawa mo.. ako mismo ang hahadlang sayo.. Kesehodang magmakaawa ka pa at lumuhod sa harap nya.. Ngingitian lang kita at saka kita papakyuhan ng trenta!"** madiing banta pa ni Naih at saka muling hinila si Maxpein! **"Tara na! King inang yan.. papogi masyado! Mukha namang joker! Leche!"**

Napakamot ako ng ulo ko at saka sinundan ng tingin sila Naih..

"M-Mauna na kayo.. Magkita na lang tayo mamaya.." dinig kong bulong pa ni Tob kila Michiko na sinulyapan lang ako at saka sabay sabay na nagsialis..

Naiwan kaming tatlo..

Naupo'ng muli si Deib at saka sinalpak ang earphones sa tenga na agad naman hinila ni Tob..

Hindi naman sya pinansin ni Deib at saka muling inilagay sa tenga ang earphones na muli rin namang hinila ni Tob.

"A-Ano ba?! Pati na naman ikaw?!" inis na tanong ni Deib kay Tob.

"Makikinig ako.." seryosong sabi ni Tob at tinitigan naman sya ni Deib. **"Sige na.. makikinig ako.."**

"Oh!"

INIS NA INIABOT NI DEIB ANG EARPHONES AT CELLPHONE NYA KAY TOB!

"A-Ano yan?!" inis na tanong ni Tob!

"Sabi mo makikinig ka?! Ayan! Badtrip.. minsan na nga lang makapagsoundtrip.."

"Bopols!" sigaw ni Tob sa kanya at muntik naman akong matawa!

"A-Ano?!" inis na namang tanong ni Deib at saka kinuha yung cellphone at earphones nya!

"Yung tungkol sa inyo! Magpaliwanag ka samin---makikinig ako! Makikinig kami!"

"A-Ano na namang ipapaliwanag ko?! Hanggang kailan ba ako magpapaliwanag!?"

"Hanggang sa maintindihan namin!"

"Hindi nyo nga kasi ako maiintindihan dahil ako mismo ay hindi ko maintindihan ang sarili ko pero alam kong ito ang dapat kong gawin! Kaya kung ako sa inyo wag nyo na lang ako pakialaman at sumakay na lang kayo!"

"Hindi pwede!"

"Tsk.. Tob!?"

"Hindi pwede, Deib.. Sabihin mo samin kung anong nangyari.. kung ayaw mong mawalan rin ng kaibigan.."

Masyadong seryoso si Tob at alam kong kilala ni Deib ang ganong datingan ni Tob. Alam ko ring alam ni Deib na kapag ganong seryoso si Tob at nagbitiw ng salita ay talagang gagawin nito..

Kaya naman inis na tumingin si Deib sa kanya at saka iiling-iling na inayos pa kunwari ang earphones nya.

"Bilis! Naghihintay ako!" sigaw pa ni Tob.

"A-Ano ba kasi yun!?"

"Magkwento ka! Anong nangyari!?"

"Bakit ba kailangan mo pang malaman!?"

"Dahil gusto kong malaman!"

"Ayoko ng ipaalam!"

"Isa.."

"Tsk! Badtrip naman e! Kailangan ba talagang lahat alam nyo!?"

"Oo! Dahil hindi lang ikaw ang involve dito! Deib, nasasaktan mo rin si Maxpein dyan sa ginagawa mo!"

"Oh e ano ngayon?! Anong akala mo sakin!? Manhid??? Hindi nasasaktan?! Sa tingin mo gagawin ko 'to ng kusa---dahil trip trip lang?! Akala mo ginawa ko 'to kasi gusto ko lang?! Hindi mo ba matik na maiisip na baka nasaktan rin ako kaya ko ginawa 'to---kaya ko pinili 'to?! Gusto mong magkwento ako---gusto mong magpaliwanag ako?! Para saan?! Sigurado ka bang kapag nagsalita ako---maiintindihan mo?! Kasi kung hindi mo rin lang maiintindihan ang sasabihi ko---wag ka ng magpakwento!"

Hindi nakasagot si Tob sa kanya at ako naman ay nananatiling nakikinig sa kanila!

"May sakit sya?? Bakit? Ginusto ko bang magkasakit sya?? Porket ba boyfriend nya ako---obligasyon ko ng alagaan ang buong katawan nya?! Hindi ba't bago ko sya alagaan ay dapat sya maunang mag-alaga sa katawan nya!? Bakit ako mag-aalala para sa kanya kung ganong sya mismo ay hindi nya inalagaan ang sarili nya?! May sakit na pala sya---bakit sumugod pa sya sa ulan?! Ngayong mas lumala yung sakit nya---isusumbat pa sakin ni Parrot yun!? Gago ba sya?!"

"D-Deib.. Ano ka ba?! Konting respeto sa mga babae, dre! Kaibigan na rin natin ang mga yun!"

"Kaibigan?! Kailan pa?! Kaibigan sya ng mga girlfriend nyo!! Pero hindi natin sila kaibigan!"

"A-Ano bang nangyayari sayo?! Parang hindi na kita kilala e!" sigaw ni Tob sa kanya! **"Bakit ba hirap na hirap kang sabihin kung anong dahilan para magkaganyan ka?!"**

"Dahil hindi mo nga maiintindihan! King ina--iikot-ikot na lang ba tayo dito?! Kasi kung paiikot-ikutin mo lang ako dito.. manahimik ka na lang! Mababawasan pa init ng ulo ko!"

"Bakit ba kasi hindi ka na lang mag-explain, para hindi na humahaba pa?! At saka, b-bakit ba galit na galit ka?!"

"Bakit rin naman kasi hindi ka na lang manahimik---nangingialam ka pa!? Hindi mo maiintinidihan ang dahilan ko dahil hindi mo naman nararamdaman yun nararamdaman ko! Alam ko namang kaya lang kayo ganyan dahil nanghihinayang kayo sa kinalabasan ng relasyon namin---pero anong magagawa ko?! Ayoko na! Nagsasawa na ko! Hindi ko na kaya!"

Nabigla ako sa sinabi nya kaya naman nilingon ko sya lalo at saka tumitig sa kanya!

Nagsisimulang mangilid ang mga luha sa mga mata nya!

Kaya naman agad nyang ring iniharang ang dalawang daliri nya sa mga mata nya at nagsimulang umiyak na parang bata!

"Oo mahal ko sya.. Kaya nga mas nababadtrip ako dahil pakiramdam ko mas minahal ko pa sya kesa sa sarili ko kaya nagkakaganito ako ngayon dahil wala na kong itinira! Lahat na napunta sa kanya! B-Bakit ba hindi ka na lang maging masaya para sakin.. na habang maaga, nagawa ko pang makaalis sa kanya dahil konting konting sakit na lang Tob.." nagsisimula ng tumulo ang mga luha sa mata nya. **"...konting konti na lang talaga.. mababaliw nako.."**

"D-Deib.."

"Isa lang naman ang pakiusap ko e.. Isa lang.. Y-Yung wag na syang lumapit kay Randall.. pero wala e.. W-Walang gawa.." iiling-iling pang dagdag ni Deib. **"Walang gawa dahil.. isang punta lang nung loko--hindi nya matanggihan! Y-Yun kasi yung hindi ko maintindihan! Nasasaktan ako kapag nakikita ko silang dalawa! Nasasaktan ako kasi alam kong mahal pa ni Randall si Taguro.. N-Nasasaktan ako dahil hindi nya magawang isakripisyo yung tao'ng yun.. kahit na ang d-dahilan lang ay ayaw nyang masaktan ako.."** nagsisimulang punasan ni Deib ang mga mata nya pero sunod sunod pa ring ang luhang lumalabas don. **"Oo, napakaselfish ko.. Isip-bata.. Immature.. Sige sabihin mo na lahat--tatanggapin ko.. Kung yan sa tingin nyo ang dahilan kung bakit ako nasasaktan, tatanggapin ko.."** ngumuso pa sya samin at saka muling nangilid ang luha sa mga mata nya. **"Ang m-masasabi ko lang.. ganyan lang ang nasasabi nyo.. kasi hindi nyo nararamdaman ang nararamdaman ko.. Naiisip nyo ang tama at dapat gawin kasi hindi kayo ang nasa sitwasyon ko.."**

Sandaling katahimikan ang namutawi sa pagitan namin..

Hindi nakaimik si Tob sa dami ng sinabi ni Deib..

Paniguradong naiintindihan nya rin 'to..

Ilang beses pang pinahid ni Deib ang mga luha sa mga mata nya at saka ilang beses na bumuntong-hininga.

Nung makita kong ayos na sya ay saka ako tumingin sa kanya at bumwelta..

"Si Kim.." paunang sambit ko at nilingon naman nila ako munit nanatili kay Deib ang paningin ko.

"A-Ano si Kim?" inosenteng tanong pa ni Deib.

"Bakit kailangang masali ni Kim??" tanong ko at natigilan sila pareho. Hindi nakasagot si Deib. **"Nasasaktan ka pala e.. bakit mananakit ka pa ng iba pa??"** seryosong tanong ko kaya naman mas natigilan sya lalo. **"Alam nating lahat na mahal ka parin ni Kim.. alam rin nating lahat na may nagawa syang mali sayo, sa inyo.. At huli na nung malaman nya sa sarili nyang ikaw ang mahal nya.. Pero.. nasasaktan ka ngayon dahil sa ibang tao, at si Maxpein yun, bakit kailangang mapasok si Kim sa nararamdaman mo?? Ano 'to.. gagamitin mo si Kim para mawala yung sakit na nararamdaman mo? O para makapanakit pa ng ibang tao??"**

Napayuko si Deib at tuluyang huminto ang pangingilid ng mga luha sa mga mata nya..

"You're immature.. you're childish.. you're selfish.. Lahat naman tayo nagiging ganyan kapag nasasaktan.. Pero sana, nag-isip ka pa rin.. Sige, makipagbreak ka kay Max, kasi nagseselos ka kay Randall at hindi mo na kaya.. Pero yung kumuha ka ng tao'ng gagawin mong panakip-butas.. Mas marami kayong masasaktan nyan.. Masasaktan ka.. masasaktan si Kim.. at masasaktan ang tao'ng mahal mo kaya naman doble sakit pa yun para sayo.." bumuntong-hininga ako at saka seryosong tumingin sa kanya. **"Alam ko.. nahihirapan kang magdesisyon at mag-isip ng tama.. Kasi nga, nasasaktan ka.."** ngumiti pa ako kunwari. **"Pero.. sana maisip mo rin, may *'paraan'* ka.. para mawala yung sakit at hindi mo kailangang magtiis.."**

Napatitig sya sakin pero iniwas ko agad ang paningin ko sa kanya..

Balikan mo sya.. Mawawala lahat ng sakit na nararamdaman mo..

Pinapahirapan mo ang sarili mo.. e alam naman ng lahat na si Maxpein pa rin ang mahal mo..

Parang tanga.. mas pinili'ng masaktan sya kung pwede namang balikan na lang nya para hindi na sya nagkakaganyan..

Eksakto namang dumating yung Lec kaya naman hindi na kami gumawa pa ng ingay..

DISCUSS.

DISCUSS.

DISCUSS.

BREAK.

Tulad ng nakagawian..

Dumeretso kami sa Canteen para sa 15mins break..

Magkakasama kaming tatlo pero wala kaming kibuan pare-pareho.. Malayo pa lang ay kitang kita ko na ang table nila Naih at walang tao don..

Kaya naman inilabas ko ang cellphone ko at saka ko sya tinawagan..

"Sweetie??" tawag ko pa sa kanya nung sagotin nya ang kabilang line.

"O-Oh, sweetie??"

"Nandito kami sa Canteen, bakit wala kayo??"

"Tsk.. nawalan kami ng ganang magsikain.. Hindi na kami bababa dyan.."

"Ha?? Gusto mo ba hatiran nalang kita ng pagkain dyan??"

"Hindi na.. isang subject na lang naman e.."

"Sure ka??"

"Mmm.."

Pumunta sina Tob at Deib sa line kaya naman napabuntong-hininga ako at saka muling nagtanong kay Naih.

"Ano?? Kumusta na si Max dyan??"

"Tahimik pa rin.. mataas kasi ang lagnat nya kaya hindi masyadong palasalita ngayon.. Ganyan talaga yan pag may sakit.. Sana nga ay mawala na yung sakit nya para makausap nya na ng maayos si Deib.."

"Kinausap rin namin si Deib.."

"Oh.. anong sabi ng gago??"

"Nagseselos sya kay Randall.."

"Kay Randall?!"

"Mmm.. Nagseselos daw sya kay Randall.."

"K-Kung ganon.. m-may nangyari kay Max at Randall!?" bulong nya pa.

"S-Siguro.. Hindi na nabanggit ni Deib e.."

"Tsk! Hindi ko alam yan ah?! Hindi naman kasi nagkukwento si Max e! Hindi natin maaasahan sa ganito yan! Hindi yun madalas magshare ng tunay na nararamdaman nya!"

"Ang hirap ring tanongin ni Deib e.. h-hindi rin lahat ay kinukwento nya.. paulit-ulit nya lang sinasabing nasasaktan sya.. Nababadtrip na nga ako kanina e.. kaya pinaulit-ulit ko rin sa kanyang nasasakatan sya.."

"Haaaayss.. nalulungkot ako.. nalulungkot ako talaga! Gusto kong maawa kay Deib---pero nabadtrip talaga ako sa sinabi nya kanina kaya nasampal ko sya! Tsk.. naguiguilty ako kasi birthday nya bukas.. pero wala akong pakialam! Gumaan ang pakiramdam ko nung nasampal ko sya e.."

"Yun pa ang isa.."

"Huh??"

"Birthday nya bukas.."

"Yun na nga e.. Pano na yan?!"

"I d-don't know.."

"Tsk! Ang tanong---invited pa rin kaya kami kahit na ganito ang nangyari?! Kasi syempre di ba..?? Awkward na.."

"Oo naman.."

"Sure ka??"

"Of course.. Wala naman kay Deib yun kung pumunta kayo sa birthday nya, besides, paniguradong matutuwa pa sya kapag nakita nya si Maxpein bukas.. Knowing Deib, kapag si Max ang usapan, kahit pa galit na galit yan.. si Max pa rin ang nakakapagpasaya sa kanya at nagiging dahilan kung bakit tumatalon talon ang puso nya.. Tsh.."

"Haaaayss, sweetie, sana maging okay na sila.. Huhuhuhu.. Makikita ko palang si Max, feeling ko ako na yung brokenhearted, king ina!"

"Sana nga.."

"Siguraduhin mong makakapunta pa rin kami bukas ah?!? Lalo na si Max.. itanong mo pa rin kay Deib.."

"Sige.."

"Sige na, I'll see you later na lang, I love you.."

"I love you, more.."

"Mwah, bye!"

Eksaktong pagbaba ko ng line ay syang dating nung dalawa.

Iniabot sakin ni Deib ang soda at sandwich bread.

"Bukas na nga pala ang birthday mo.. Anong plano??" kunwaring tanong ko habang binubuksan ang sandwich bread ko.

"Anong anong plano??" takang tanong nya.

"Invited pa rin ba yung mga *'naunang'* ininvite mo??" sarkastikong tanong ko.

"Tch.. Bakit hindi mo na lang kaya deretsahing tanungin si Taguro?!" sarkastikong tanong nya rin kaya bahagyang natawa ako. **"Tch! Edi pumunta sya.."**

"Kahit break na kayo??" seryosong tanong ni Tob.

"Kawawa naman sya kung lahat ng kaibigan nya ay pupunta---sya lang ang hindi.. Tch.."

"Pano kung hindi sya pumunta??" tanong ko at biglang natigilan si Deib. **"Anong gagawin mo??"** dagdag tanong ko at ngumuso naman sya.

"A-Anong anong gagawin ko?? Edi w-wag syang pumunta.. Hindi naman magbabago ang party ko meron o wala ang presensya nya! Tch!"

"Tsk tsk.." iling ko at ngumuso na naman sya. **"Hindi ko akalaing yung Deib na nagpapahabol sa mga puso at parang batong itim na itim na ngayon.."** pang-aasar ko sa kanya.

"Shut up Lee.."

MAX'S POV

Mula sa kinauupuan ko ay tanaw na tanaw ko sa labas ng bintana ang mga puno'ng nagsisipaggalawan dahil sa hangin..

May mga kasama ako pero pakiramdam ko ay mag-isa lang ako..

Kahit papano ay gumagaan ang pakiramdam ko dahil sa nakikita ko..

Ramdam ko pa rin ang sama ng pakiramdam ko pero lamang na lamang pa rin yung bigat ng isipin ko..

Hindi ko alam kung bakit kailangang magkaganito..

Nasasaktan ako sa coldness na ibinibigay nya..

Nawala yung dating sigla sa mga mata nya twing ako ang makikita nya..

Nawala yung matamis na ngiti sa bibig nya..

Nawala yung feelings na nararamdaman ko mula sa kaya..

Wala na talaga..

Parang naging mabigat para sakin ang huminga..

Bawat hinga ko ay napakabigat at malalim..

Bawat hinga ko ay nauuwi sa buntong-hininga..

Napakaraming tanong ang nagsisiksikan sa isip ko.. Pero alinman sa mga yon ay hindi ko magawang lusutan ng sagot ngayon..

Ramdam ko na ang sakit ngayon..

Ramdam ko na ang panghihinayang..

Ramdam ko na ang lungkot..

Ramdam ko na ang distansya..

Ramdam ko na ang panlalamig ng pakikitungo nya..

Gusto kong mawala sa kinalalagyan ko kahit sa loob ng ilang minuto.. makatakas lang sa nararamdaman ko ngayon..

Sandali akong pumikit..

hindi ko na sya babalikan..

hindi ko na sya babalikan..

Gusto kong manlumo..

Gusto kong umiyak..

Pero masyado akong mahina..

Masyado akong nanghihina dahil sayo..

"H-Huy.. ayos ka lang ba??" biglang lapit ni Naih kaya naman pasimple ko pang pinunasan ang mga namuong luha sa mga mata ko. Iniiwas ko pa rin ang paningin ko sa kanya at saka ako tumingin sa mga puno'ng pinagmamasdan ko kanina. **"M-Max.. kausapin mo naman ako, oh.."**

Tumingin ako sa kanya at saka tumitig.

Bakas sa mga mata nya ang pag-aalala kaya naman bahagya akong ngumiti sa kanya.

"Ayos ka lang ba??" tanong nya pa at saka kinapa ang leeg ko. **"Tsk.. Ang taas pa rin ng lagnat mo.. Umuwi ka na kaya?!"**

"Hindi na.. last subject na oh.. 5 minutes na lang.."

"Pero Max.."

"Hindi na nga.. Okay lang ako.. Iinom rin ako ng gamot bago umuwi mamaya.."

"Oo nga pala.. pano ka nakapunta dito??"

"Nagmotor.."

"Ano?! Pinayagan ka ni Ate?!"

"Tss.. parang may magagawa naman sya.."

"Pero Max!"

"Okay nga lang kasi ako.." pagmamatigas ko.

"King inang yan! Mataas ang lagnat at brokenheart---tapos okay ka lang?! Ulul! Pakyu! Sinong niloko mo! Pakulam kita dyan e!"

Brutal talaga ang bunganga nitong lintek na 'to! Tsk!

Bumuntong-hininga na lang ako at saka muling tumingin sa labas.

"Pano na bukas?!" biglang tanong nya kaya naman natigilan ako at nung makarekober at muling tumingin sa puno. **"Huy! Pano na bukas?!"**

"Anong gagawin ko??"

"A-Anong anong gagawin mo?! Birthday ni Deib bukas! Anong gagawin mo?!"

"Hindi ko alam.." sagot ko.

"Bakit hindi mo alam??"

"Tsk.."

"Alam ko naririndi ka sakin! Alam kong gusto mo ng katahimikan pero hindi ko ibinibigay yun sayo! Dahila alam kong eto na lang yung oras para makausap kita ng matino dahil mamaya lutang ka na naman!" sigaw nya sakin kaya naman tumingin ako lalo sa kanya! **"Anong plano mo!? Sabihin mo sakin.. Anong laman ng isip mo??"**

"Birthday nya.." tipid na sagot ko. **"Yun lang ang laman ng isip ko.."** at saka ako muling tumingin sa labas.

"M-Max naman e.." animong nakikiusap na usal nya. **"Pano yan?? H-Hindi ka talaga makikipag-ayos sa kanya?? H-Hindi ka hihingi ng second chance??"**

"Hindi ko ugaling magmakaawa sa pagmamahal ng iba, Naih.." nakangiti pa kunwaring sagot ko.

"Hindi mo naman kailangang magmakaawa dahil mahal ka naman nya!"

"Kung ganon e bakit nya ginagawa yan? Hindi ko sya maintindihan.."

"K-Kaya nga mag-usap kayo di ba??"

"Nakausap mo ba sya ng maayos kanina?" sarkastikong tanong ko pa sa kanya at natigilan sya. **"Kung sasagutin rin lang nya ako ng tulad ng mga isinagot nya sayo kanina.. hindi na.. Kaya kong mag-isip mag-isa.."**

"M-Max.."

"Irespeto na lang muna natin ang desisyon nya.. babalik naman yun kapag naisipan nya.."

"Tsk! Bahala ka nga sa buhay mo! Yung isa naging cold! Ikaw naman nuknukan ng taas nyang pride mo! Bahala kayo! Pareho kayong magsakitan!"

Hindi ko na sya kinibo dahil unti-unting nagsipagdatingan yung mga classmates namin kasunod ang Lec..

DISCUSS. DISCUSS. DISCUSS.

DISMISSAL.

~RIIIIIIINGG!!!~

"Okay class.. see you on Monday!!" sigaw pa ni Miss at saka umalis.

"Uyyy classmates, invited ba kayo sa birthday party ni Deib bukas??" biglang tanong ni Rhen, classmate namin.

"Psh! Sino naman kami para iinvite ng isang Enrile?! Duh!?" sagot ni Zielette.

"Bakit, Rhen?? Invited ka ba??" tanong naman ni Kaycee.

"Oo! Friend kasi ni Lolo si Dean, di ba??" sagot pa ni Rhen.

"E ang tanong.. alam ba ni Deib na dadating ka?!" sabat ni Migz at saka pinamewangan sila. "Tara na nga.." mataray na yaya ni Migz samin kaya naman tumayo kami at saka sabay sabay na lumabas.

"Pano na bukas, Max?? Huhuhu.. gusto ko nandon ka.." si Michiko.

"Oo nga, teh.. Mas maganda kung nandon ka.. Ano kaya kung isurprise mo ang Deib?!" si BJ.

"Oo nga noh?!" sang-ayon naman nila sa kanya!

"I know, this is not going to be easy.. It will need lots of effort pero.. for sure *'magbabati'* kayo dito! Hahahahahaha!!!" si BJ.

"A-Ano yun??" tanong ko.

"Uyyy.. willing!!!!" pang-aasar pa sakin ni BJ kaya naman sininghalan ko sya ng tingin. **"Haranahin natin ang baklang Deib!"**

Napatitig kaming lahat sa kanya!

Kumurap kurap naman si BJ sa harap namin na animong nagpacute pa ng todo!

"H-Haranahin??" takang tanong ko at tumango naman agad sya!

"Tutal e---karir na karir nya ang pagiging bading.. Edi gooooo!!! Mas karirin pa!" sigaw pa ni BJ! **"Tutulungan ka naming haranahin sya---pero syempre, lamang ang effort mo.. More on back-up lang kami kasi sa pananalita mo pa lang halatang pangit na ang boses mo, teh.. Kaya naman kailangan mo talaga ng mala-Mariah Carey.."** turo nya kay Michiko. **"Celine Dion.."** turo nya kay Naih. **"Whitney Houston.."** turo nya sa sarili. **"At.. Chaka Khan!"** turo nya kay Migz na agad naman hinampas ang kamay nya!

"Leche kang bakla ka ah! Stevie Wonder ka! Wag kang ambisyosa!" si Migz.

"Tse! Anyway.. Di ba?! Pwede mo kaming back-up! Pero sayo pa rin ang pinakapowerful na effort! Haharanahin mo sya at mega tili lang kami sa gilid!" dagdag pa ni BJ.

"P-Pano nga??"

"Harana nga teh! Punyeta, ilang beses uulitin sayo! Harana! Kanta! Harana! Kantahan teh! Kanta! Kantahan!" paulit-ulit na sigaw ni BJ!

"Calm down, teh.. ang bunganga mo.. baklang bakla.." suway sa kanya ni Migz at saka humarap sakin. **"Oo nga, napakaganda ng ideya ng bakla! Pwedeng idesign natin ang buong stage.."** aniya pa na animong ipinipinta sa harap namin ang mga naiimagine nya. **"..kausapin ang lahat ng guests at ang family ng Deib! Dadating si Deib at mag-isang lalakad papunta sa gitna----patay patayan ng ilaw.. Boooom!!!! Bubukas ang ilaw at magugulat sya pag nakita ka sa stage! Greeeennnggg..."** aniya pa na kunwaring tumugtog ng gitara! ♪ ♫ ***"I don't wanna booooooreeeee you with me---Oh Deib, I love youuu--I love youuu--Maxpein loves youuuu!!! I don't wanna bore youuuuu with me!!! Oh Deib she loves you--she loves you---she lovesss youuuu!!!!"*** ♫ ♪

Kumanta pa sya sa mismong mukha ko.

"Pero syempre mamili ka ng kantang bet mo!" dagdag pa ni Migz.

"H-Hindi ako m-marunong kumanta.." napapahiyang sagot ko.

"Alam namin! Bakla ka! Kaya nga sinabi kong kailangan mo ng *'effort'*! Kasi kahit na nuknukan ng pangit nyang boses mo e---gaganda yan kung pupush ka sa effort!" dagdag pa ni BJ.

"A-Anong kakantahin ko??" tanong ko.

"Malay ko sayo! Baka naman pwedeng ikaw na ang mag-isip ng kanta?! Samin na nanggaling ang ideas! Bakla ka!" si BJ ulit.

Napatingin ako kay Naih!

At parang kumislap naman ang mga mata nya!

"Makakaasa ka sakin dyan!" nakangising sagot pa ni Naih kaya naman nakaramdam ako bigla ng tuwa.

"Eh ako?? A-Anong gagawin ko??" si Michiko.

"Ikaw yung stage, teh.." sarkastikong sagot ni Migz at ngumuso naman si Michiko sa kanya. **"Joke yun teh, tawa ang dapat kasunod!"**

"Hahahahaha loko ka talaga Migz!"

"Ang bilis bilis talaga ng Michiko makagets, kaloka! Tara na nga!" sabi pa ni Migz at saka kami tuluyang bumaba ng ng building.

Hindi ko tuloy maiwasang di makaramdam ng tuwa..

Dahil meron sa loob loob ko ang nakaramdam ng excitement bigla..

"Alam nyo na ba yung issue??"

"Ano yun??"

"Break na daw sila ni Deib!"

"OMG.. Seriously!?"

"Oo nga! Hindi mo ba nakita na si Kim ang kasama ni Deib maglunch at break kanina?!"

"Oo nga noh?! Ang bilis naman?!"

"Hindi naman daw kasi nyang minahal si Deib.."

"Aww.. ang kapal naman ng mukha nya?!"

"Sinabi mo pa! Sya pa yung ayaw kay Deib?! Hahahaha ang ganda nya ah!"

"Buti na lang naumpog si Deib.."

"Exactly.."

Natigilan ako at sadyang pinakinggan ang mga bulungang yun sa likuran ko.

Nilingon ko pa sila nung mahinto ang bulungan nila para alamin kung sino sila pero nakalampas na sila.

"Max! Tara na!" tawag sakin ni Naih kaya naman mabilis na akong lumapit sa locker ko at nagpalit ng gamit. **"Ihahatid nga pala ako ni Lee sa TB.."**

"Mmm.. magkita na lang tayo don.." sagot ko.

"H-Ha?! Papasok ka pa rin don?!" gulat na tanong nya.

"Oo naman.. wala naman akong sinabing aabsent ako---"

"Pero may sakit ka nga!!!" inis na sigaw nya munit nilingon ko sya at..

NGINITIAN KO SYA NG TODO!

"H-Hehehehe.. parang gumaan bigla yung pakiramdam ko dahil don sa sinuggest ni BJ.." napapangiting sagot ko at gulat naman syang tumingin sakin!

"S-Seryoso!?" takang tanong nya at napatango naman ako habang nakangiti parin. Ngumiti naman sya habang nakatitig sakin at saka nagsalita.. **"Sige sige! Tutulungan nga pala kitang mag-isip ng pwede mong kantahin.. Pero.. s-sure ka?? kaya mo na ah?!"**

"Oo nga.."

"Patingin nga muna!!!" sabi nya pa na iniamba ang kamay nya sa leeg ko munit agad ko 'tong inilayo.

"Okay lang ako.. tara na, excited nako e.." nakangiting sabi ko pa at saka inilock ang locker ko.

"T-Teka.. nandyan na sila e.."

Dahan dahan akong napalingon sa likuran ko at..

KASAMA NA NAMAN NI DEIB SI KIM!

Tsk tsk tsk..

Parang nagbago ang isip ko..

"Napepeste ako kay Kim.. Leche.." bulong pa sakin ni Naih pero hindi ko na sya pinansin at itinungo ko na lang ang paningin ko.

"S-Sweetie.." biglang tawag ni Lee kay Naih kaya naman naingat ko na naman ang paningin ko. Lumapit si Lee samin at inakbayan si Naih at muling ngumiti sakin. **"Kumusta pakiramdam mo Max??"** mahinang tanong nya pa kaya naman ngumiti pa ako.

"Okay nako..." nakangiting sagot ko.

"Nice.. Uminom ka na ba ng gamot mo??"

"Mmm.. iinom pa lang ulit.."

"Pagaling ka ah??"

"Oo naman.."

"Papagaling yan.. May special syang gagawin bukas e.." nakangising bulong pa ni Naih kay Lee dahilan para magliwanag ang mukha nito.

"Talaga?? Ano yun??" excited namang bulong ni Lee sakin, munit agad na ipinunas ni Naih ang kamay nya sa mukha ni Lee.

"Wag ka ng chikadora dyan.. bukas mo na lang alamin.. Hehehehehe.." si Naih.

"Tsh.." singhal ni Lee kunwari. **"That's nice.. suportado kita.."** nakangiitng sabi pa ni Lee.

"Salamat.." mahinang sagot ko.

"O sya pano?? Mauna na ako.." biglang baling ko sa kanila kaya naman gulat na napatingin sakin si Lee.

"Saan ka pupunta??" biglang takang tanong nya.

"May trabaho kami ngayon.." si Naih ang sumagot. **"Ihahatid mo ko sa TB di ba?? Hehehehehehe.."**

"Papasok ka pa rin Max??" gulat na tanong sakin ni Tob kaya naman nilingon ko sya.

"Oo, okay naman na ako e.." nakangiting sagot ko at don ko lang nasulyapan si Sensui na abala pa rin sa pagpapalit ng gamit nya.

Don ko lang rin napansin si Kim na palihim na sumusulyap sakin..

Nginitian ko naman si Kim kaya naman napangiti rin sya..

Kaya naman muli akong tumingin kay Tob.

"Mauna na ako sa inyo.." dagdag ko pa.

"S-Sige.. Pagaling ka ah??" sabi pa ni Tob.

"Mmm.. Salamat..." nakangiting sagot ko. **"Pano?? Kita na lang tayo sa TB.."** baling ko pa kay Naih at saka sumulyap kina BJ, Migz at Michiko. **"Mauna na ko.. Text text nalang.."**

"Galingan mo bakla!!" nakangisi pang sigaw ni BJ.

"Mmm.."

"Alam mo na, teh ah?! Greeeennggg!!!" maaksyong banat pa ni Migz kaya naman natawa pa ak.

"Bye bye, Maxpein Zin Del Valle!!!!" sigaw ni Michiko at kinawayan ko naman sya.

Nakangiting sinulyapan ko naman si Naih at saka ako tumalikod..

"Oh Del Valle!!"

Sabay sabay kaming napalingon sa likuran ko at eksaktong lumapit naman samin si COACH! Syempre hindi ako nakaalis..

"C-Coach.." bati ko sa kanya at nakangiti naman syang tinapik pa ang balikat ko.

"O-Oh.. A-Ang init mo ah!?"

"A-Ahh hehehehe.. M-May lagnat, Coach.." napapahiyang sagot ko.

"Ayos ka lang ba??" nag-aalalang tanong pa ni Coach.

"Ayos lang, Coach!" nakathumbs-up pang sagot ko.

"Sigurado ka?? Tsk.. pano yan?? May ibabalita pa man rin ako sayo.."

"A-Ano yun, Coach??" tanong ko at nagsipaglapitan naman samin yung mga kasama namin. Nakatingin rin sa gawi namin sila Sensui dahil nakikita ko sila sa gilid ng paningin ko.

"Kasi.. Regionals na next week.. Tuesday ang start.. Si Samantha ng SIS ang representative ng buong Laguna, dati na rin daw nalaban sa Regionals ang bata'ng yun.."

"Oo nga, Coach.."

"So ayun nga.. If ever payagan na makapasok ang mga private schools, willing ka bang sumali at si Samantha ang makakasama mo??"

Hindi ako nakasagot..

"Tatlong araw lang naman yon.. Sa Martes ang simula.. Kaya sana kung halimbawang makapasok ang SIS ay pumayag ka sanang maging representative ng SIS?? Kasi maganda ang prices doon.. bukod sa malaking halaga ay may tyansa ka ring makakuha ng Scholarship mula sa mga kilalang schools sa Manila para sa College mo.."

"E bakit parang hindi sigurado, Coach??" tanong ko.

"Ahh.. E kasi, hindi pa sigurado kung allowed ang private schools, parehong private ang SIS at BIS.. Kung halimbawang public schools lang ang i-allow nila, edi hindi tayo pwedeng sumali.. Pero pinupush ni Mr. Faller ang Head ng Sports ng Laguna para mapapayag sila, dahil kulang na rin naman sila sa time para magpatry-out dahil next week na nga ang laban.. Unfair nga e, nag-adjust sila ng sched, hindi man lang nasabihan si Governor.. Kung hindi mo kilala si Gov, Daddy yun ni Choco Funtales---"

"Kilala ko Coach.."

"Ayon.. Sila ang nagpupush na makasali kahit na private para pwede tayong sumali.. Yun e kung, okay lang sayo?? Kasi hindi ka excused nun dito sa klase mo.."

"T-Three days, Coach??" tanong ko at tumango naman sya.

Hindi na ako nakapagsalita..

"Pag-isipan mo.. Sa Monday natin malalaman kung makakasali tayo o hindi, kaya mas magandang nakapagdecide ka na sa araw na yun.." sabi pa ni Coach at saka tinapik muli ang balikat ko. **"Pagaling ka ah?? Mauna na ko, guys!"** baling pa ni Coach sa iba kong kasama.

Badtrip..

Nakaramdam ako bigla ng pressure!

"Sasali ka??" biglang tanong ni Naih.

"H-Hindi ko alam.."

"Sumali ka na.."

"Tatlong araw akong absent? Tss.."

"Baka naman pwedeng ipakiusap yun?? Bakit naman kasi ganun! Isasali ka tapos hindi ka excused? Tae!"

"Bahala na.. Hindi ako sigurado.. wala akong maramdamang excitement e.."

"Sali ka na, Max! Sayang rin yung scholarship dun!" nakangiting sabat ni Tob at nginitian ko naman sya.

"Oo nga e, kaso.. hahahahaha! Baka naman i-drop ako ni Chupan kung aabsenan ko sya ng tatlong araw.. Balewala ang scholarship hehehehe.." sagot ko.

"Kausapin mo na lang si Dean na kung pwede iexcused ka.."

"B-Bahala na hehehe.. S-Sige na, mauna na ako sa inyo.."

"Sige Max! Ingat ulet!" si Tob.

"Bye.." sabi ko pa at saka ngumiti.

At kumaway..

Palihim akong sumulyap kila Sensui pero pareho nilang kaharap ni Kim si Coach..

Kaya naman dahan dahang tumalikod na ako sa kanila at saka nagsimulang maglakad..

"Sandali.."

Biglang bumilis ang tibok ng puso ko!

Para akong pinompyang sa ulo nung biglang marinig ko ang malakas na boses na yun ni Sensui!

Napalunok pa ako ng isa pa at saka dahan dahang lumingon sa kanya..

Hindi ako nagsalita pagkalingon ko..

Seryosong naglakad sya papalapit sakin at saka bumuntong-hininga at kunwa'y nag-isip..

Ang bilis bilis ng tibok ng puso ko.. kaya kung may sasabihin ka, bilisan mo..

Masyadong seryoso ang mukha nya munit nananatiling malamig ang mga tingin nya..

"Alam ng buong pamilya kong dadating ka.. Kaya naman, bukas, kailangan mo pa ring pumunta.. Kung nakalimutan mo naman kung anong meron bukas.. Birthday ko.. Birthday Party ko rin.. Alas tres ay pwede na kayong pumunta.." walang emosyong usal pa ni Sensui sa mismong mukha ko habang nakatingin ng deretso sa mga mata ko.

Hindi naman ako sumagot sa kanya at hindi ko rin alam kung anong emosyon ang naipakita ko dahil sa kaba'ng nararamdaman ko sa kanya.

Hindi na sya nagsalita pa sakin at saka nilingon si Kim.

"Let's go.." yaya nya kay Kim at saka iniabot ang kamay nya na alanganin namang tinanggap ni Kim.

At saka sila magkahawak-kamay na naglakad papalayo..

Tss..

"M-Mauna nako.." muling baling ko sa kanila at saka nagsimulang maglakad..

TORTURE talaga..

Mukha akong tanga'ng naglalakad mag-isa at talaga namang nasa harap ko pa sila!

Nung makarating sa quadrangle ay kusang umalis si Sensui sa pagkakahawak ng kamay kay Kim..

Maaaring dahil nasa quadrangle na sila at marami ng makakakita sa kanila doon..

PDA yun kaya naman bawal..

Hindi ko na lang sila tinignan at nagtuloy na lang ako sa paglalakad kasunod nila..

Hanggang sa makarating kami sa Parking Lot..

Nakita kong si Kim ang nagbukas ng pinto ng passenger's seat at saka kusang sumakay doon..

Dali dali naman akong lumapit sa motor ko at saka sumakay doon..

Dahan dahan ko pang iniatras yun at pasimple pa akong sumulyap sa likuran ko para makita sila Sensui..

Pero mabilis nyang pinaandar ang kotse nya at walang lingunang nilampasan ako!!!!

Natigilan talaga ako at napakapit ako ng matindi sa motor ko..

Parang pinipisil ng mahigpit ang puso ko..

Ganon ba kalaki ang kasalanan ko?? Para unti-untiin mo rin ako ng ganito??

Napabuntong-hininga ako at saka sumakay sa motor ko at umalis..

~BRRRRRROOOOOOOOMMM!!!!!~

The Barb.

Hapon pa lang pero napakarami ng tao'ng nasa Coffee Shop at Game Zone..

May mangilan ngilan ring nasa Resto..

Kaya naman agad akong tumuloy at tumulong sa Coffee Shop.

"Oh?! Ang sabi ni Beka may lagnat ka?!" si Barb.

"Meron nga.." sagot ko.

"E gaga ka--bakit pumasok ka pa?!" inis na tanong nya at saka bumaling sa entrance nung bumukas yun. **"Good afternoon! Welcome to The Barb Coffee Shop, Ma'am, Sir!!"** bati nya pa at saka muling bumaling sakin. "Umalis ka dyan! Magpahinga ka don!"

"Tss.. Hindi ako pumunta dito para mamahinga.."

"Wag kang makulet---lalo kang magakakasakit nyan sa ginagawa mo e!"

"Hindi yan.."

"Maxpein!"

"Tsk! Kailangan kong sumahod.. kaya sige na, pagtrabahuhin mo na ako.."

"Edi mag-advance ka! Ano ka ba naman!? Wag mo ngang patayin ang sarili mo dito!"

"Ang OA naman nito.. Tss.. hoy, sa yabang kong 'to, hindi lagnat ang makakapagpatumba sakin!" singhal ko sa kanya at saka tumingin sa customer na lumapit samin. **"Good afternoon, welcome to The Barb Coffee Shop, what's your order, Sir??"**

"Two Espresso with extra shots please.. One Cafe Latte and Cafe Mocha, also with extra shots.. And eight Filled bread rolls, please.." yung customer.

"Got your order, Sir.. Let me repeat your order, that's Two Espresso with extra shots, One Cafe Latte and Cafe Mocha, also with extra shots and eight Filled bread rolls.."

"Yes, that's all.."

"That's One thousand and fifteen, Sir.."

"Here.." sabay abot ng bayad.

"Here's your change, Sir.. Please be seated.."

"Thanks.."

"I'll serve it in three minutes, Sir.."

"Thank you.."

"Please enjoy your stay.."

Yun pa lang ang unang customer ko pero parang napagod na ako..

Pero hindi ko naman agad yun ininda..

Si Barb ang nagprepare ng mga orders dahil ayaw nyang payagang kumilos ako.

Gusto nyang maupo na lang ako at magpahinga pero hindi ako pumayag..

Nanatili akong kahera para naman kumita ako ngayon..

Kailangang mabilhan ko ng regalo si Sensui..

"Good afternoon, welcome to The Barb Coffee Shop!!!" malakas na bati ko pa sa mga dumating na customers.

At nagtuloy tuloy ang oras na nagtratrabaho akong cashier sa Coffee Shop..

Nung pumatak ang alas dies ay isinara na namin ang Coffee Shop at sabay kami ni Barb na lumipat sa Bar.. Nandoon na silang lahat, pati na rin si Naih, kaming dalawa na lang ni Barb ang kulang..

"Hoy.. umuwi ka ng bruha ka! Baka mamaya maputi ka pa kay Avril Lavigne sa sobrang putla mo!" si Jep.

"Tss.. Kaya ko pa, ano ba?!" natatawang suway ko sa kanya at saka ako pumasok sa bar at nagpunas ng mga baso.

"Huyy! Anong ginagawa mo dito?! Kaninang umaga, mataas ang lagnat mo ah!?" nag-aalalang baling rin sakin ni Beka.

Ano ba naman yan sila?! Kaya ko nga e.. Tsk..

"Kaya ko.." nakangising sagot ko.

"Lola mo, kailangan daw ng anda! Kaya more trabaho para kumita.." nakangiwing kwento ni Barb.

ANDA = PERA

"Wooow ah?! Bakit hindi ka nagpapasok nung mga araw na malakas ka?! Ngayon ka pumasok kung kelan kahabag habag ang itsura mo!" biro sakin ni Boy.

"Hahahahaha.. para maawa si Barb at dagdagan nya.." biro ko.

"Magkano ba?!" mayabang na tanong ni Barb.

"Kung magkano ang sahod ko.." nakangiting sagot ko at ngumiwi naman sya.

"Pag-usapan natin yan mamaya!" sigaw nya pa at saka naglakad papunta sa office nila at sumunod naman si Jep.

Maya maya pa ay nagsimula na rin kaming magtrabaho..

10:13pm nung magsimulang magdatingan ang mga customers, kaya naman mabilis kaming nagsikilos..

Sina Brian at Manyur ang nakaassign sa tables para kumuha ng orders, kaming dalawa na naman ni Beka ang nandito sa bar para magserve ng orders at si Boy at Naih naman ang nasa loob ng kitchen.

"Table 14.." abot ni Manyur ng listahan at mabilis namang kinuha yun ni Beka.

Nagsimula naman akong maglagay ng baso sa tray at isa-isang ipinatong sa pasemano ng bar.

Now Playing: I'm Missing You by MEJA

♫ ♪' I miss your love, since you've been gone.. I find it hard to go on.. The summer sky don't mean a thing.. I thought I'd always be strong.. I got a feeling inside.. and it's making my heart cry, cause.. I'm missing you.. and it's making me blue, yeah.. I'm missing you.. but what can I do?? Thousand miles away, from you..' ♪ ♫

"Table 8.. Table 19.. Table 21.. Limang ashtray.." si Brian naman ang lumapit at agad ko naman syang inabutan ng ashtray. Saka ko kinuha yung mga listahan at saka isa-isang inihanda na naman ang mga trays.

"Hindi ba pupunta dito ang mga jowa nyo teh??" biglang sabat ni Beka.

"B-Birthday na ni Deib bukas.. H-Hindi sya pwedeng uminom.." sagot ko.

"Ayy! Oo nga pala! Kaya ka siguro push na push sa trabaho noh?! Kaya kahit na may sakit ka.. more pasok ka! Para kumita?! Hmmm.. Siguro, mamahalin ang ibibigay mong regalo!?"

"H-Hindi ko pa nga alam kung anong ireregalo ko e.."

"Ano?!"

"Mmm.. Hindi ko pa alam.."

"Nako.. E kung bukas na ng birthday.. kelan ka pa makakaisip nyan?! Kelan ka pa makakabili!"

"B-Bahala na bukas.. bukas na lang ako bibili.. Sa hapon pa naman ang party.."

"Sayang.. hindi man lang kami makakapunta ng Boy.. Kasi kung pati kami ay aabsent, sino na lang papalit samin?? Hahahahahaha! Ganda lang di ba?! Kala mo, kailangang kailangan.."

"Malaking pakinabang kayo ni Boy dito.." nakangiting sagot ko**. "Kung wala kayo ay baka panay sumbat na ang natanggap namin mula kila Barb hehehe.."**

"Oo nga.. Pero sana hindi mo iniiba ang usapan di ba?!"

Tinawanan ko lang sya.

"Ano ngang ireregalo mo!?"

"Hindi ko pa nga alam.."

"Nakakaloka ka naman.. Anong isusuot mo?!"

"H-Hindi ko rin alam.."

"Aba e wag ka na ring umatend! Kunwari---hindi mo rin alam! Leche ka!"

Tinawanan ko na lang ulit sya..

"Sisig.. Table 5.." si Naih mula sa Kitchen. Kinuha ko naman yun at saka inilagay sa tray..

♫ ♪' So here I am, and everything's new.. I should be happy in love.. but all I know, I look deep in my eyes.. I've never felt so alone.. and this feeling inside.. it's making my heart cry, cause.. I'm missing you.. and it's making me blue, yeah.. I'm missing you.. but what can I do?? Thousand miles away, from you.. So what's the meaning of this?? to be living like this.. it ain't no fun at all.. I wonder where are you now.. I miss your love since you been gone.. I find it hard to go on.. and this feeling inside.. I just break down and cry.. ♪ ♫

Namimiss ko na sya..

Ano kayang ginagawa nya??

Aaminin kong.. kahit pa abala ako sa ginagawa ko..

Hindi sya nawawala sa isip ko..

Naiisip ko kung anong ginagawa nya.. Kung naiisip nya rin ba ako?? Kung malungkot rin ba sya tulad ko?

Kumain na kaya sya? Nakakakain kaya sya??

Nakakatulog kaya sya?? Maayos naman kaya ang tulog nya??

Kaso bigla ko ring naalala si Kim..

Magkasama pa kaya sila??

Ano kayang ginagawa nila??

Masaya kaya sila??

Saka ako napabuntong-hininga..

Muling tumakbo ang oras at mas dinagsa kami ng mga customers..

Unti unti kong naramdaman ang pagod sa katawan ko..

Nagsisimula na akong umubo ng umubo.. na parang aso!

"H-Huy! Ano?! Kaya mo pa?! Magpahinga ka na lang kaya don?!" si Beka.

"Sige.. a-ayos lang ako.. **UBO!"** sagot ko.

"Hoy Max! Magpahinga ka na nga lang!" biglang sigaw ni Naih na lumabas pa mula sa kitchen! **"Hanggang don sa loob dinig na dinig ko ang lakas ng ubo mo---magpahinga ka na lang!"**

"H-Hindi na.. Anong oras na rin oh.. maya maya uuwi na rin tayo.."

"Wag ka ng makulet! Baka hindi ka pa matuloy sa performance mo bukas nyan---sige ka!"

Natigilan ako sa sinabi nya..

"Anong performance yan?!" si Beka.

"A-Ahh.. hehehe.. Wala.. S-Sige, magpapahinga nako.." sabi ko at saka naupo sa couch na nandoon rin sa loob ng bar.

Now Playing: Once Again by South Border..

♫ ♪ ' You've always been there for me.. And I never cared enough.. You've always loved me perfectly.. And I never shared some.. And you never said a thing.. You gave it all just for me.. I treated you so selfishly.. And you were still by my side.. Instead you gave so selflessly.. And I didn't dare to try.. To show you unconditional love.. How can I be so insensitive??' ♫ ♪

Bigla akong tinamaan sa kanya!

How can I be so insensitive?!

Napasandal ako sa sofa'ng yun at saka napakat sa hintuturo'ng daliri ko habanag ang noo ko ay nakadantay sa kabilang kamay ko.

♫ ♪ 'Once again I come to you.. This time I'll never make it slip away.. I'll never slip away.. Hold my hand and together we.. Will wait for the day.. When we will be as one..' ♪ ♫

♫ ♪ 'You know I played a thousand times.. And you never did the same.. You made me see when I was blind.. You wiped those tears away.. You showed me your true love.. And now I'm thinking how can I repay.. ' ♪ ♫

Thinking how I can repay..

♫ ♪ 'I know that there were times when you almost gave up.. And I couldn't blame you if you did just that.. But still you chose to stay.. And suffer all the pain.. You held on, gave me hope.. Believed that I could change.. Once again I come to you.. This time I'll never make it slip away.. I'll never slip away.. Hold my hand and together we.. Will wait for the day.. When we will be as one..' ♪ ♫

I know that there were times when you almost gave up.. And I couldn't blame you if you did just that..

Napapikit ako at saka napahilamos sa mukha ko..

I need see you..

I want to see you..

Tumingin ako sa relos ko at saka ako dali daling tumayo..

"H-Hoy, san ka pupunta?!" habol sakin ni Beka.

"M-May pupuntahan ako.."

"Gaga! Ala-una ng gabi?! Okay ka lang?! Sa ganyang lagay?!"

"P-Pupuntahan ko si Sensui.." sagot ko at natigilan sya.

"M-Magpaalam ka muna kay Naih.."

"Ikaw na magsabi.. Aalis na ko.."

"H-Hoy! Bakla ka! M-Mag-iingat ka!!!!" dinig kong sigaw nya pa ay itinaas ko naman ang kanang kamay ko bilang senyas.

Bahala na kung anong mangyari.. Gusto ko syang makita..

Mabilis akong sumakay sa motor ko at pinaandar yun!!!!

~BRRRROOOOOOOMM!!!!!~

Nung marating ko ang bahay nila ay mukhang tanga'ng tumunganga naman ako sa harap ng bahay nila..

Nakakainis!

Ang bilis bilis ng tibok ng puso ko at hindi ko alam kung anong unang gagawin ko!

Napapaisip ako kung tama bang nandito ako o ipapahiya ko lang ang sarili ko?!

Sarado na ang mga ilaw sa loob ng bahay at yung mga ilaw na lang sa labas ng bahay ang syang bukas.

Kilala naman na ako ng guard kaya madali na sakin ang makapasok sa village na 'to. Pero hindi ko sigurado kung walang sisita sakin dito kapag may nakakita saking nakatulala sa labas ng bahay nila Sensui!

Kaya naman inilabas ko ang cellphone ko mula sa bulsa ko at tinawagan ang numero nya..

~RIIIINNGGG!!!! RIIIINNGGG!!!! RIIIINNGGG!!!! RIIIINNGGG!!!! ~

HINDI NYA SINAGOT!

Kaya naman inulit ko ulit..

~RIIIINNGGG!!!! RIIIINNGGG!!!! RIIIINNGGG!!!! RIIIINNGGG!!!! ~

HINDI NYA PA RIN SINAGOT!!!!

Kaya inulit ko pa ulit..

~RIIIINNGGG!!!! RIIIINNGGG!!!! RIIIINNGGG!!!! RI--! ~

"Hello?"

Nanlamig ang buong katawan ko nung marinig ko ang parang bagong gising pang boses nya..

Sa madaling salita.. Nakakatulog sya, kahit wala ka..

Bumagsak ang mga balikat ko sa isiping yun..

"Hello!?" parang galit pang ulit nya.

"A-Ako 'to.." mahinang usal ko at natahimik sya saglit.

"Oh?! Bakit??"

Lalo akong kinabahan! Dahil parang galit ang tono ng boses nya!

"N-Nandito ako sa harap ng bahay nyo.." sagot ko.

"Anong ginagawa mo dyan??"

"G-Gusto kitang makita.." pilit pinalalakas ang loob na sagot ko.

"Tch.. Ganitong oras?? Nahihibang ka na ba?!" galit na tanong nya kaya naman natigilan ako. **"Natutulog na ang lahat ng tao--umuwi ka na.."**

"B-Babe.." naiusal ko.

At saka ko naramdaman ang pangingili ng mga luha sa mga mata ko.

Napahawak ako sa bibig ko para hindi ako makagawa ng ingay.

"A-Ano bang nagawa ko??" pigil ang luhang tanong ko pero hindi sya sumagot.

Napasandal ako sa motor ko at pigil na pigil ko ang emosyon ko..

Napakadiin ng pagkakahawak ko sa cellphone ko..

"B-Bumaba ka dito.. gusto kitang makita.." napapasinghot na dagdag ko pa. Pero hindi sya sumagot. **"Babe.."** usal kong muli. **"Gusto kitang m-makita.."** pigil ang hikbing dagdag ko pa.

Sadyang inilayo ko pa ang telepono nung bigla akong mapabuntong-hininga sa sobrang pagpipigil ng mga hikbi.

"Umuwi ka na.."

Nanlambot ang mga tuhod ko sa sinabi nya at saka tuluyang tumulo ang mga luha ko..

"K-Kahit 5 minutes lang.." pagpipilit ko pa.

"Umuwi ka na.."

"4 minutes.."

"Wala akong oras! Matutulog nako!"

"3 m-minutes.. Babe, please kahit 3 minutes lang---"

"Umuwi ka na.."

"2 minutes??"

"Tsk.. Ang kulit mo naman e!"

"2 minutes lang.. u-uuwi ako after 2 minutes.."

"Tsk.. s-sige sige.. hintayin mo ko dyan.." parang galit at napipilitang sabi nya pa at saka ibinaba ang line.

Dali dali ko namang pinahid ang mga luha sa mga mata ko at pilit na inayos ang sarili ko..

Saglit pa akong nagpalakad lakad sa harap ng motor ko hanggang sa marinig kong tumunog ang gate nila kaya naman agad kong nilingon sya..

Lakasan mo ang loob mo, Maxpein..

Hindi ko maipaliwanag ang bilis ng tibok ng puso ko habang papalapit sya sakin..

Takot na takot ako..

Pakiramdam ko ay yun ang unang beses na

Lumapit sya sakin at blangko tumitig sakin saka bumuntong hininga..

Tumayo sya sa harap ko habang nakapasok ang dalawang kamay nya sa bulsa ng pajama nya..

Bahagya pa akong napasandal sa motor ko dahil pakiramdam ko ay tutumba ako sa sobrang ngatog ng mga tuhod ko..

Pinagkapit ko pa ang dalawang kamay ko para hindi tuluyang manginig sa harap nya ang mga yun..

"Oh??" matigas pang usal nya. Kaya naman napalunok na naman ako.

"T-Thank you.." pigil ang emosyong naiusal ko.

Hindi ko alam ang sasabihin ko!

Nauubusan ako ng salitang sasabihin!

Sa sobrang kaba ko ay hindi ko rin magawang mag-isip ng tama at dapat sabihin!

"Bilisan mo dahil 2 minutes lang 'to---No, let's make it one.. One minute will do.. Go on.. Bakit ka nandito??" malamig ang pagkakatanong nya kaya naman na napalunok na naman ako!

"G-Gusto lang kitang makausap.."

"Kinakausap mo nako.." malamig pa ring sagot nya.

"G-Gusto kitang makita.."

"Nakikita mo nako.."

"B-Babe.." naiusal ko at..

TUMALIKOD SYA!

Nung astang maglalakad sya palayo ay mabilis akong pumunta sa harap nya at humarang sa kanya!

"S-San ka pupunta??" kabadong tanong ko.

"Wag mo kong tawaging ganyan, hindi ako aalis.." malamig at walang emosyong sagot nya.

Kaya naman naiangat ko pa ang mga balikat ko sa sobrang lalim ng pagkakahugot ko ng hininga ko!

"S-Sorry.." naiusal ko na lang. **"G-Gusto ko lang malaman.. b-bakit nagkaganon tayo bigla??"** kabado paring tanong ko.

"Anong ganon?"

"B-Bakit ka nakipagbreak sakin??" pigil na naman ang emosyong tanong ko. Ramdam na ramdam ko ang papalapit na pangingilid ng mga luha ko kaya naman agad akong humihinga ng malalim para mapigilan ang mga iyon.

"Hindi mo alam?" walang emosyong tanong nya kaya naman natigilan ako at napailing habang napapatingin sa paanan nya at saka ko muling iniangat ang paningin ko't tumitig sa kanya.

"H-Hindi ko maintindihan.. O-Okay naman tayo k-kahapon di ba??"

"Mmm.. tapos??"

"T-Tapos??" mahinang tanong ko at saka muling nag-isip. Napapikit pa ko sa sobrang kabang nararamdaman ko at saka muling lumunok at tumingin sa kanya. Huminga pa ako ng malalim at saka muling nagsalita. **"M-May nakita ka ba?"**

"Anong nakita?" walang emosyong tanong nya pa rin.

"N-Nakita mo kami ni Randall---"

"Yon!" biglang pigil nya sa sinasabi ko kaya naman natigilan ako at nanlalaki ang mga matang napatitig sa kanya! **"Sa wakas nasabi mo rin!"** animong galit pang tugon nya.

"N-Nakita mo??"

"Tch--aa!" natatawa pa kunwaring singhal nya. **"Alam mo naman pala e?? Bakit nagtatanong ka pa?!"**

Ilang beses pa akong kumurap at bumuntong-hininga sa harap nya bago muling nakapagsalita!

"N-Nakita mo kami.. t-tapos nakipagbreak ka sakin?? A-Anong klaseng dahilan yun??" naiiyak ng tanong ko. Pilit kong itinitikom ang bibig ko dahil kung iiwan kong nakabukas yun, pakiramdam ko ay iingay ang hikbing kaninang ko pang pinipigilan..

Naigewang nya pa ang ulo nya at saka tumitig sakin at mas naging seryoso..

"Hindi mo na ba natatandaan yung sinabi ko??" matalas ang tingi'ng tanong nya. Hindi naman ako nakasagot.. **"Isang lapit mo pa sa kanya.. *'malaya ka na'*.. Alin ang hindi malinaw??"** sarkastikong tanong nya pa kaya naman lalo akong natigilan at hindi nakapagsalita! Tumitig sya sakit at bumalatay ang galit sa mga mata nya. **"Gusto mo.. ulit-ulitin ko pa?? Baka sakaling matandaan mo na---pahalagahan mo pa.. Isang lapit mo**

pa sa kanya.. malaya ka na." kitang kita ko ang pangingilid ng mga luha sa mga mata nya munit agad nyang iniiwas ang paningin nya sakin.

Napayuko naman ako at hindi malaman kung anong isasagot sa kanya..

Nananatiling mabilis ang tibok ng puso ko pero ngayon ay ramdam na ramdam ko ang sakit sa dibdib ko..

Nanghihina ang mga tuhod ko at pakiramdam ko ay sasabog na ang ulo ko..

"W-Wag mo namang gawin sakin 'to.." mariing pakiusap ko munit wala sa kanya ang paningin ko. **"P-Please.. w-wag naman 'to ang hilingin mo.."**

"Hiniling ko ba??" ayun na naman yung malamig na pakikitungo nya. **"Hindi ko hiniling yun.. Warning yun pero.. ha.."** natawa pa sya kunwari. **"Hindi mo yata pinakinggan.. Yun ka naman e.. Yung kilos ng kilos, basta basta?? Kasi masyado kang matalino.. May mga bagay bagay dyan sa isip mo na ginagawan mo ng lusot sa paraang gusto mo.. binibigyan mo ng dahilan sa paraang alam mo.. Kahit *'ako'* yung sinasaktan mo.."**

"P-Pero h-hindi naman s-sapat na dahilan yun para.. p-para i-iwan mo ko.." gumagaralgal ang boses na sagot ko. Hindi ko mapigilan ang emosyong naghahalo-halo sa loob loob ko.

Munit hindi ko inaasahan ang pilit na ngiting babalatay sa mukha nya kasabay ng pangingilid ng mga luha sa mga mata nya..

"P-Para sayo yon.." pilit ang ngiting usal nya. **"Para sakin.. sapat na yon.. S-Sapat na yun para lumayo ako sa mga dahilan kung bakit ako nasaaktan.."**

"D-Deib.."

Pinahid nya ang mga luha sa mga mata nya at saka tumingin ng deretso sakin.

"P-Please just be happy for me?? O kaya.. magalit ka na lang sakin.." utos nya pa. **"Mas tatanggapin ko yun.. Wag lang ganito.."** sabi nya pa at natigilan na naman ako. **"Umuwi ka na.. Late na.. Maaga pa ako bukas, tutulungan ko silang maghanda.. Magkita na lang tayo sa party.."** sabi nya at saka tumalikod.

Pero mabilis akong lumapit sa kanya at saka pinigilan sya..

Madiin ang pagkakahawak ko sa braso nya kaya naman dahan dahan syang humarap sakin at nilingon ang braso nya bago tumingin sakin..

"T-Tell me w-what to do.. g-gagawin ko.." mariing usal ko at saka iniangat ang paningin ko at tumitig sa mga mata nya.

Hindi sya agad sumagot..

Tumitig sya sa mga mata ko..

At saka huminga ng malalim..

"Just go home.. and never come back for the same reason.." makahulugang tugon nya at saka hinawakan ang kamay kong nakahawak sa braso nya at binitiwan yun.

At saka sya naglakad papasok sa loob ng bahay nila..

Pinanood ko sya hanggang sa tuluyang makapasok sa loob ng bahay nila..

Hindi ako makagalaw mula sa kinatatayuan ko..

Sunod sunod ang naging pagtulo ng mga luha ko...

Ang sakit sakit ng dibdib ko..

Napahawak ako sa dibdib ko habang pinapunasan ang mga luha sa pisngi ko..

Mahal na mahal kita e.. Bakit kung kelan mahal na mahal na kita???

Hindi ko napigilan ang emosyon ko at kusa akong napaupo sa paanan ko at doon umiyak ng umiyak..

OceanofPDF.com

CHAPTER 143 : Deib Lohr Enrile's Birthday Bash

NAIH'S POV

Eksaktong alas kwatro ng madaling-araw ay nagsara kami ng TB..

"Pakinengsheeeet! Bakit ba andaming mapepera sa mundo?! Kung sino pa yung mapepera sila pa yung lasinggero! Stop me!" sigaw ko at saka ikinbait ang padlock.

Nanlaki ang mga mata ko nung makita ko si Max na nakasandal sa motor nya---NANINIGARILYO at TUMUTUNGGA NG BEER!!!!

"M-Max!!!" sigaw ko at saka mabilis na lumapit sa kanya at inagaw ang bote ng beer! **"A-Ano bang nangyayari sayo?!"** gulat pang tanong ko!

"Uuwi na ba tayo?" walang emosyong tanong nya.

"M-May problema ba??" nag-aalalang tanong ko at napayuko naman sya.

"Max.. Are you okay??" nag-aalalang tanong ni Jep.

Bumuntong-hininga si Max at saka tumingin sa kawalan.

"S-Sana bukas.. okay na.." malungkot na sagot nya kaya naman nakaramdam ako bigla ng awa sa kanya!

Niyakap ko sya..

"M-Magiging okay rin kayo.. tiwala lang.." bulong ko pa.

"Salamat.." tugon nya at saka kusang umalis sa pagkakayakap ko at saka tumayo. **"Tara.."** yaya nya pa.

"S-Sige, magtataxi na lang ang mga bakla.." mahinang sabat pa ni Beka at saka tumingin sakin. **"Ingat.."**

"Ingat rin.." sabi ko pa.

"Max.. Please be strong.." mahinang sabi pa ni Barb sa kanya at saka niyakap rin sya at nagbesobeso.

"Mag-ingat sa pagdadrive.." si Jep at nakipagbesobeso rin kay Max.

Nagpaalam naman ako sa kanila at saka sumakay sa motor ni Max..

"Kaya mo bang magdrive??" tanong ko pa.

"Oh.." sabi nya lang sabay abot sakin ng helmet ko. **"Kumapit ka.."**

Sumakay naman ako kahit medyo kinakabahan ako sa kanya.. In-start nya ang motor..

"M-Max.. o-okay ka lang ba?? Sure kang okay ka lang??"

"Hindi.."

"S-Sya ako na ang magdadrive---"

"Kaya ko namang magdrive, wag kang mag-alala.. hindi kita ibabangga.." nakangisi pa kunwaring sagot nya kaya naman kumapit nalang ako!

Malapit lang naman e.. Please take care of us..

Sinimulan nyang paandarin ang motor nya at nabigla naman ako sa sobrang bagal!

As in SOOOOO...BBBBB....RRRRAAAAAAANNNNGGG....

BAAAAAA...GGGAAAAAAALLL...

"A-Ahh h-hehehehe.. H-Hindi naman de-uleng ang motor naten, Max no??? H-Hehehehehehe.. N-Natatae na kasi a-ako.. konting bilis naman--------"

~BRRRRRRROOOOOOOOOOOMMMM!!!!!!!!!!!!~

"Waaaaaaaaaaa!!!" napasigaw pa ako nung sa isang mabilis ay nagpark sya!!!!!!!!!

"Hoooo! Hooooo! Hoooo!!!" habol habol ang hininga at napakapit pa ako sa dibdib ko! **"Umurong yata yung tae ko! A-Ano ka ba?!"** inis na tanong ko pa sa kanya.

Hindi nya ako pinansin at nginisian nya lang ako at saka sya pumasok sa loob ng bahay kaya naman sinundan ko lang sya. Mabilis syang naupo sa sofa at nagsindi ng panibagong sigarilyo, at saka ibinato sakin ang kaha..

"H-Hindi nako naninigarilyo.." sagot ko at natigilan naman sya at saka tumingin sakin. **"N-Nahihiya ako kay Lee, kaya itinigil ko na.."**

"That's good.." sagot nya pa.

"A-Ano bang nangyari?? Nawala ka kanina sa TB.. s-sabi ni Beka, pinuntahan mo si Sensui?? Anong nangyari?"

"Kinausap ko lang sya.." napapabuntong-hininga at malayo ang tingi'ng sagot nya.

"A-Ano ngang napag-usapan nyo??"

"Nakita nya si Randall.."

Tama nga si Lee..

"Oh t-tapos??"

"Nagseselos sya kay Randall.. ayaw nyang makitang kasama ko si Randall, he already warned me, I kept that in mind, pero.. yung biglaang pagpunta ni Randall ang h-hindi ko napigilan.. Unfortunately.. nakita nya kami.."

"A-Ano namang ipinunta sayo ni Randall?!"

"Kinausap rin ako.."

"Tungkol san?"

"Sa nararamdaman nya.."

"A-Ano daw?"

"Mahal nya pa daw ako.."

"A-Anong isinagot mo??" napapalunok pang tanong ko.

"Na si Sensui na ang mahal ko.. K-Kaso.. k-kung kelan naman okay na ko.. Saka naman nagkaganon si Sensui.."

Nakaramdam ako ng habag sa kanya..

Nakatulala sya sa baga ng yosi nya at nangingilid ang mga luha sa mga mata nya..

Pakiramdam ko ay tinutusok rin ang puso ko dahil sa nakikita kong itsura nya..

Hindi palakibo si Max.. Kapag nagsalita naman ay barado ka.. Hindi sya showy ng feelings nya.. Pero once na malungkot sya, mararamdaman at makikita mo talaga.. Hindi man sya luhaan sa harap mo, mga mata nya ang magsasabi sayo.. Nalulungkot ako sa kinahinatnan nila..

Alam kong hindi ipinapakita ni Max ng todo ang feelings nya kay Deib dahil hindi sya showy talaga.. Pero panigurado naman na kahit papano, kahit sa maliit na bagay, naipakita nya yun kay Sensui..

Hindi ko alam kung magagalit pa ako kay Sensui. Pero ramdam kong naiinis ako sa kanya..

Pero pareho silang nasasaktan ngayon, at sigurado ako don..

Napabuntong-hininga pa ako sa isiping yun..

Napakawrong-timing naman..

Kung kelan naman mahal na ni Maxpein si Deib.. saka naman sya nang-iwan.. Tatanga tanga! Ulaga ka!

"B-Bakit hindi mo s-sinabi kay Sensui na mahal mo sya??" tanong ko.

"H-Hindi ko masabi e.."

"H-Ha?! Bakit naman!?"

"N-Natatakot ako.. b-baka kapag sinabi kong mahal ko sya.. Iba na ang makuha kong sagot.."

"M-Max.. Mahal ka ni Deib.."

"Sa ginagawa nya ngayon??" tanong nya at saka kunwaring ngumisi munit bakas pa rin ang lungkot sa mg mata nya. **"Hindi ko maiintindihan ang choice nyang.. S-Saktan ang tao'ng mahal nya dahil nasasaktan rin sya.. Ang i-inaasahan ko kasi.. sya yung taong.. h-hindi ako iiwan kahit hindi nya ko maintindihan..**" gumagaralgal ang boses na dagdag pa nya.

Kaya naman umusod pa ako sa tabi nya at saka yumakap sa kanya.

"I'm so sorry.. H-Hindi ko alam na.. g-ganyan na pala ang nangyayari sa inyo.."

"H-Hindi ko rin inaasahang mangyayari 'to.. o-okay na okay naman kami e.."

"Tsk.. L-Lagi nalang wrong-timing si Randall.."

"Pero hindi ko pinasisisihang dumating sya.."

Napaalis ako sa pagkakayakap sa kanya at binigyan sya ng nananapak na tingin!

"At baket!?" inis na tanong ko.

"Kasi.. nasabi ko ang nararamdaman ko sa kanya.. Ngayon, kapag lumapit sya sakin.. m-may dahilan nako para tanggihan sya.."

Napaisip naman ako sa sinabi nya..

Sa ugali ni Randall, hindi nya rin naman ugaling ipagpilitan ang sarili nya.. KAY MAXPEIN LANG TALAGA!

Bakit naman kasi.. may syota na't lahat, sumasawsaw pa?! Ano bang nangyayari Randall?! Nang-iwan ka tapos.. babalik balik ka?!

"Hindi rin ako natutuwa sa ginagawa ni Randall.. Kasi sa ginagawa nyang yun.. nasasaktan nya ng palihim si Dein.. kung ako ang nasa posisyon ni Dein.. maaawa ako sa sarili ko.. Kaya sana, ngayong alam nya ng may mahal nakong iba.. sana lumayo na sya.. At sana maging masaya na lang sya kay Dein.."

"Tsk.. Ang tanga nya rin e noh?! Lalapit sya sayo para sabihing mahal ka nya---hindi nya muna iniwan yung isa?! Sabay sabayan?! Eksena!"

"Mahal nya si Dein.."

"Stop me! Mahal nya kayong dalawa?! Kalokohan..!!!"

"Hindi nya na ako mahal.."

"A-Ang weird mo.." naisagot ko.

"Hindi nya na ako mahal.. Akala nya lang, mahal nya pa ako.. Pero ang totoo, guilt na lang yung nararamdaman nya.. Naguiguilty sya dahil wala syang nagawa para sakin noon.. Nasaktan akong mag-isa.. Naiwan akong mag-isa.. Samantalang sya, may kasamang iba at nagsasaya.. Ako man sa posisyon nya---makakamove on ako, dahil kung titignan mo naman si Dein, hindi ka naman maluluge sa kanya.. Full package si Dein.. Kaya nung makita nya ko.. nangibabaw lahat sa kanya.. Maaaring may feelings pa sya sakin nung unang kita.. Pero, hindi rin naman kami madalas nagkasama kahit na alam nyang nandito ako.. Walang dahilan para bumaling yung feelings nya.. Nangyayari man ang mga ganong bagay.. pero alam kong hindi sa kanya.. Madaling mahulog sa tao si Randall.. hindi malayong mahulog ang loob nya kay Dein.."

"So hindi ka na nya talaga mahal---at sure ka na dyan?"

"Mmm.."

"Pero.. hindi mo na sya mahal??"

"Hindi na.."

Lalo akong nanlumo sa mga nangyayari..

"E-Eh p-pano na bukas?!" naiiyak pa kunwaring tanogn ko.

"Bahala na.."

"Pupunta ka??"

"Oo naman.."

Nagliwanag ang mukha ko!

"P-Pupunta ka pa rin sa birthday party ni Deib?!" excited pang tanong ko ay tumango naman sya! **"Kyaaaaaaaa!! Hahahahahahahaha!!! A-Ano na?! May plano ka na ba!? Anong kakantahin mo?! Nakapag-isip ka na ba?! Anong gagawin mo?? May ideas ka na ba?!"** sunod sunod na tanong ko at ngumiti naman sya.

"Plano ko ng matulog.. masyado kang maingay.." sabi nya pa at saka ginulo ang buhok ko at tumayo. Nginusuan ko naman sya. **"Isara mo yung pinto bago ka umakyat.."** utos nya pa at saka kumaway habang nakatalikod na at umakyat.

"Pupuntahan nya pa rin si Deib.. ek ek ek ek ek ek ek!!! Ganyan nga, Maxpein.. Konting landi rin.." mahinang bulong ko pa at saka isinara ang gate at pinto..

Umakyat ako agad sa kwarto ko at saka ako tumae..

Kyahahahhaha.. Ano kayang pwede nyang kantahin???

Napaisip ako ng mga kantang sweet..

Stay ni Lisa Loeb??

Hindi naman boses babae ang Maxpein!

"Aha!!!! Mmmbop nalang bwahahaahahahah!! Wooohhh!! Success!!!!" sigaw ko pa at saka tumayo sa trono at naligo..

Hindi mapawi ang mga ngiti sa mukha ko habang naiisip ko na ang pwedeng mangyari bukas!

Matindi tindi'ng suyuan 'to!

Tumingin ako sa salamin at saka tinitigan ng matigas ang sarili ko..

"Ang panunuyo ng hambog sa bakla! Ten tenen tenen!!!! Kyaaaaaaaaa!!!! Hahahahahahaha!!! Tsk tsk tsk.. Awayin ko rin kaya si Lee?? Yiiieeee.. wag na, baka magbreak rin kami! Hahahaha!!!" at saka ako tatawa tawang lumabas ng banyo at nahiga..

Ilang minuto pa ay nakatulog na rin ako..

♥ *K* ♥ *I* ♥ *N* ♥ *A* ♥ *B* ♥ *U* ♥ *K* ♥ *A* ♥ *S* ♥ *A* ♥ *N* ♥

SABADO Beybeh!!!

Pagkagising ko..

SMILE AGAD!

"Wooooooohhh!!" mabilis akong tumayo at uminom ng tubig bago angsipilyo.

Hmmmmm..

Naaamoy ko na ang mga pinipritong isda mula sa baba..

Minsan talaga masarap rin yung nandito si Ate.. Hek hek hek! Hindi ko akalaing sa arte nya ay magpapaalipin pa sya samin..

Nung matapos yun ay saka ako bumaba..

"San si Max??" tanong ko agad kay Ate.

"Tulog pa.."

"Eh!?"

"Hindi pa bumababa e.."

"E bakit wala dito yung motor nya?"

"S-San nagpunta yun!?" takang bulong nya pa.

"Alam ko na.." nakangising usal ko pa. **"Paniguradong abala na yun kahahanap ng ireregalo sa bakla nya---bwahahhahaha!!!!"**

"Regalo!?"

"Birthday ni Sensui ngayon---ano ka ba?! Palibhasa hindi ka invited kaya hindi mo alam.."

"A-Anong----egskuyusmeh! Baka invited rin ako!?"

"May regalo ka ba?!" mayabang na tanong ko pa.

"Pwede naman akong mag-order sa net kung gusto ko! Duh! E ikaw?! May pera ka ba?!"

"S-Stop me! Tigilan ako! Magluto ka na---bilisan mo, nagugutom ako!!!"

"Ang kapal mo!"

"Umuwi ka na kasi.."

"Psh! You should be thankful coz I'm the one doing your job!"

"Wooooowww!! Maka-job ka naman Ate! Bayad ako dyan?!"

"So, isinusumbat mo?! Isusumbong kita kay Maxpein!"

"Nanumbat ba ako!?"

"Shup up, Zarnaih!"

"Shut up forever Zaimin Yaz!!!!!!!"

Pumunta ako sa kitchen at saka nagcoffee..

"Alam mo ba'ng.. Break na si Max at Deib??" mahinang kwento ko at gulat naman akong nilingon ni Ate!

OA ang king ina..

Yung lingunan nya akala mo nakita nyang naka-T-back si Darna!

"W-What!?" nakataas na naman ang sanshe'ng tanong nya.

"Oo, break na sila.." pag-uulit ko pa.

"H-How come??" tanong nya at napabuntong-hininga naman ako at saka nagkwento..

Maya maya pa..

"Pano na mamaya?!" tanong nya.

"Come what may.." sagot ko.

"A-Anong come what may?! E pano kung magulo ang party ni Deib!?"

"OA ah.. Hindi naman gegerahin ng Maxpein and Deib Lohr!"

"O-Oh e pano nga kung.. h-hindi sya iaccept ni Deib!?"

"Anong hindi iaccept?! Sus! Si Maxpein?! Ha! Ang hambog na si Maxpein!? Come on, Ate! Hinding hindi nya yun matatanggihan! I know it.."

"How can you be so sure??"

"I can feel it.." nakangising sagot ko pa. **"Haaa!!!! Sa taglay na kayabangan ni Maxpein, ultimong babae nga napapakilig nyan! Yun pa kayang si Deib!? Haharanahin nya si Deib! At puuuuupunta tayo don para sumuporta! Aakyat sya sa stage at saka kakanta!"** maaksyong

kwento ko pa na animong naggigitara! **"Lahat ng tao ay kumakain at nakaupo na sa table! Walang kamuang muang ang lahat na sa likod ng tela'ng nakacover sa buong stage ay may isang Maxpein na nangungulangot habang itinotono pa ang gitara nya! Tapos ikaw Ate?? Ikaw ang magkandarapang mag-alis ng cover na yun ng stage!!! Taraaaaaaaannn!!**" sigaw ko habang nakataas pa ang dalawang kamay ko! ♫ ♪ ***"Wo ming baaaaaai! Wo yao de aiiii! Huwei ba wo chong huwaiiii! Xiang yi ge xiao ha! Zhi dong zai ni huai li huwaaaaaiii iyay! Ni yao de ai! Bu zhi she yi lai ayyyy! Yao xiang ge da nan hai---deng chui you ri sai! Sheng huo zi you zi zai.. ay ay ay ay!!!"*** ♪ ♫

Maaksyong kanta ko pa.. habang kumakanta ng Ni Yao De Ai ni Penny Tai na soundtrack ng Meteor Garden!!!!!

~PLENGK!!~

"A-Ano ba!!! Bakit mo ko binatukan!!!" inis na sigaw ko pa sa kanya!

"Kahit kailan hindi ka makausap ng matino!"

"At sino namang may sabi sayong matino ka?!"

"Haaay nako, Zarnaih!"

"Haaay nako Zaimin!" panggagaya ko pa sa kanya. **"Dyan ka na! Tatawagan ko pa ang sweetheart ko hehehehe!!!"**

Pumunta ako sa sala at saka doon sinimulang tawagan si Lee..

DEIB'S POV

Tanghali na nung magising ako..

Alas onse na ng umaga..

Kaya naman pagkabangon ko ay uminom lang ako ng tubig at saka naligo..

Saka ko muling naalala yung kagabi..

Bakit kailangan mo pang pumunta?!

Nakaramdam ako ng inis!

Pero nagpatuloy na lang ako sa pagligo at hindi ko na yun inalala pang muli..

Maya maya pa..

Nagulat pa ako nung paglabas ko ay nandoon si Mommy! Nakaupo sya sa kama ko at malungkot na nakatingin sakin.. Napahinto ako sa pagpupunas ng buhok ko at saka bumuntong-hininga at lumapit sa kanya.

"I prepared your clothes.." pilit ang ngiting sambit nya pa na nilingon ang mga damit kong inilapag nya sa kama. Simpleng shorts at shirt lang yun.

"T-Thanks, Mom.."

"Happy Birthday.." nakangiting bati nya kaya naman ngumiti ako sa kanya.

"Thank you, Mommy.."

"I love you.."

"I love you, Mommy.."

Hindi ko maintindihan kung bakit parang napaka-awkward ng dating sakin ng paligid!

Muli akong pumasok sa washroom at saka doon nagbihis.. Pagkalabas ko ay muli kong pinunasan ng towel ang buhok ko at saka inayos ng kamay ko ang buhok ko sa harap ng salamin. At saka pabatong inihagis sa marumihan ang towel na ginamit ko sa araw na yun.

Muli kong nilingon si Mommy at nakangiti pa rin sya sakin. Kaya naman nakangiting lumapit ako sa kanya at saka naupo sa harap sa mga paa ko sa mismong harapn nya.

"What's wrong, Mom??" tanong ko. Dahil bagaman nakangiti sya ay kitang kita ko ang lungkot sa mata nya.

"What's wrong, Deib??"

Natigilan ako at napalunok nung tawagin nya ako sa mismong pangalan ko kaya naman napailing ako sa gilid ko..

Hinawakan ni Mommy sa magkabilang kamay nya ang buong mukha ko..

"I-I'm bothered.." mahinang usal nya pa habang nakatingin sa pisngi ko. **"What is wrong with you??"**

"H-Hindi kita maintindihan, Mom.."

"Ikaw ang hindi ko maintindihan.."

Alam ko kung anong ibig nyang sabihin!

Alam ko kung anong pinu-point out nya!

Pero hindi ko alam kung bakit ganito ang isinasagot ko sa kanya!

"Si Kim.. Bakit kailangang ipakilala mo sakin ng ganon si Kim?? Si Maxi ang girlfriend mo.. di ba??" malumanay at malungkot pang tanong nya munit hindi ako nagsalita. **"Kahit hindi ka magsalita, nararamdaman kita. I know that you have a problem.. that something's bothering you.. What is it?? Tell me, baby.. maybe I can help??"**

Napailing ako at napayuko dahilan para muli nyang iharap ang mukha ko sa kanya dahil hawak nya nga ako sa mukha..

"Deib.. son.. Please.. Tell me? Please??" pakiusap nya pa at napabuntong-hininga naman ako.

"A-Akala ko si M-Maxpein ang mahal ko p-pero h-hi..h-hindi pala.." sagot ko at saka inalis ang mga kamay nya sa mukha ko at saka ako tumayo.

"Deib.." habol nya sabay tayo rin.

"M-Mom.. I don't wanna talk about it.."

"But it's your birthday---"

"Exactly, Mom!" mahinang sigaw ko pa. **"It's my birthday.. That's why.. i d-dont want to talk about it.. I don't wanna hear her name.. so please?? K-Kahit ngayon lang??"**

"W-What happened, anak??" animong naiiyak pang tanong nya.

Napatingin naman ako sa tagiliran ko at saka bahagyang napapikit pa doon dahil nagsisimula ng mangibabaw ang inis sa dibdib ko.

"W-Wala na kami.. End of discussion.." sagot ko at saka lumabas ng kwarto ko at bumaba.

~PLOK! PLOK! PLOK!~

"Heeeeyypppiii Birthday!!!!" sigaw ni Noona.

Hindi pa man ako tuluyang nakakababa ng hagdan ay nagbukas na sya ng tatlong wine at saka inilapag sa mesa at naglakad papalapit sakin..

"Ang taba taba mo na.." pang-aasar ko pa sa kanya at ngumuso naman sya bago tuluyang lumapit sakin at yumakap.

"Happy Birthday, dongsaeng!! Saengil Chukkahe!!" bati nya pa sa korean. Umalis sya sa pagkakayakap sakin at saka.. **"Tsup!"** humalik sa pisngi ko!

"A-Ano ba!" inis na singhal ko at saka pinunasan ang pisngi ko!

"Hahahahahahahahahahahaha!!!!" malakas syang tumawa at saka bumalik sa dining area.

Kaya naman salubong pa ang mga kilay na bumaba ako ako papalapit sa kanya.

"Andami naman nyan??" tanong ko pa habang nakaturo sa napakaraming handa sa table namin.

"Ano pang aasahan mo sa Mommy?? Hahahahahahaha! Madaling araw pa ata gumising yan sa sobrang dami ng naiisip lutuin.."

"Kumain kana?"

"Hindi pa.. hinihintay kita e hehehehe.. Sabay na tayo.."

"Where's Dad??"

"Ayun, busy sa kakaayos ng venue mo.. Hahahaha! Daig mo pa ang magdedebut, dongsaeng!"

"Tch.."

"Dumating na nga pala sila Chairman, fresh from Palawan.."

"Anong ginawa nila don?" tanong ko pa habang nagsasalin ng foods sa plate ko.

"Di ba?? Binisita nila yung island ng family nila Maxpein doon?? Nagconduct si Chairman ng Medical Mission don.. Hindi lang ako nakasama kasi busy rin ako sa school.. Sila Mommy naman ay umuwi agad kasi nagconduct rin sila dito.."

Hindi na ako kumibo matapos nyang magkwento..

"Anong oras dadating ang mga guests mo??"

"Mmm.. Baka 3pm nandito na ang mga yun.."

"Yiiiieee.. Dadating sila Tob?"

"Syempre naman.."

"Nice nice.. I invited some of my classmates, meron kasi sa kanilang may gusto rin sayo.."

"Tch.."

"Promise.. Kahit na College na sila at high school ka pa lang, crush ka daw nila hahahaha! Natuwa nga yung iba kasi 19 years old ka na.. Ilang taon lang naman daw ang tanda nila sayo.. hahahaha---"

"Shut up, Dein.."

"H-Hey! Stop calling me Dein! Bastos ka ah! Heheheheheheh.. Pasalamat ka---birthday mo, pagbibigyan kita! Hehehehehe.."

"Tch.."

"Birthday na birthday---ang sungit! You're so annoying!"

"Just eat.. and don't talk! Hahahaha!"

"Psh.."

Nagkukwentuhan pa kami habang kumakain nung bumaba si Mommy, nginitian nya lang naman kami at saka sya lumabas..

Maya maya pa ay sumunod ako sa likod para tignan kung anong ginagawa nila doon..

Lumapit ako kay Dad at nakangiti namang sinalubong nya ako.

"Oh.. Happy Birthday, son!" bati pa sakin ni Dad!

Yumakap naman ako sa kanya at pareho pa kaming tatapik tapik sa likod.

"Thanks, Dad.." nakangiting sagot ko at saka muling tumingin sa stage na ginagawa nila. **"A-Ang laki naman po nyan, Dad??"**

"Hahahahahahaha! Malaki ba?? Ate mo ang nagdesign nyan.."

"Tch.. OA talaga yun.."

"Hahahahahahaha! Don't you like it?"

"N-No.. I like it, Dad.. N-Nagbibiro lang ako hehehehe.."

"Mmm.. Dadating ang Chairman at ganito rin kaganda ang gusto nya.. Simple pero maganda.. Alam mo naman ang Chairman, gustong gusto nyang masaya ka kapag birthday mo.."

"Anong oras ang dating ng mga friends mo, baby??" nakangiting sabat ni Mom na lumapit sakin at yumakap pa bewang ko.

"Mga 3pm siguro ang dating nila.."

"Mmm.. Idedeliver na ang suit mo mamaya.. I'm sure, gwapo'ng gwapo ang baby ko mamaya.. Yiiieeee.."

"Tch.. Hindi ka pa nasanay, Mom??" biro ko sa kanya at hinaplos haplos naman nya ang bewang ko at saka namin tinignan ang mga gumagawang tao..

Pupunta pa kaya sya??

Parang kinurot ang puso ko sa sarili kong tanong sa isip..

Hindi mawala sa isip ko yung itsura nya kagabi..

Pagkakita ko palang sa kanya..

Gusto ko na syang takbuhin at saka yakapin..

Para akong maluluha sa isiping yun..

Miss na miss na kita..

Naramdaman ko ang dahan dahang pagkalat ng luha sa mga mata ko kaya naman agad agad kong pinunasan yun..

"P-Pasok muna po ko sa loob.." sabi ko pa at nginitian sila. Saka ako naglakad papasok sa loob.

"Mmm.. D-Deib.." tawag sakin ni Noona kaya naman natigilan ako bago ko pa man marating ang hagdan, nilingon ko lang sya at nakangiti namang lumapit sya sakin habang nagkukuyumos pa ang dalawang kamay nya. **"S-Si Hon.. o-okay lang ba sayong p-pumunta rin sya??"** utal pang tanong nya at ngumiwi naman ako.

"Bakit naman hinde?"

"A-Ahh hehehehe.." natuwa sya agad. **"A-Akala ko kasi.. ayaw mong pumunta sya---"**

"Hindi ko sya ininvite dahil automatic ng pwede syang pumunta.." pilit ang ngiti'ng sagot ko pa.

"Thanks, dongsaeng.. I love you!"

"Mmm.. akyat muna ako.."

"Take your time! Love you!"

"Geh.."

Geh..

Tsk..

Kay Taguro ko lang naririnig ang linya'ng yun..

Napapabuntong-hiningang pumasok ako sa kwarto ko.. Pero pagpasok ko pa lang ay sa veranda na agad tumama ang paningin ko..

Muling nagflashback sakin ang mga ginawa namin doon..

Ang tawanan..

Asaran..

Kulitan..

Tuwa..

Saya..

Kilig..

SAYAW..

Stop it, Deib.. Hindi yan ang plinano mong gawin..

Muli akong nahiga sa kama at saka ko kinuha ang cellphone ko.

Sangkatutak na Birthday Greetings ang nandoon!

~Tob~

Pakyuuuu!! HAPPY na,
BIRTHDAY PA?? Hahahaha!
Happy Birthay!!!!!!!!!!!!
I love you, dre! =DDD
Paniguradong marami
ng bumabati sayo ngayon
kaya naman mamaya na
kita kukulitin! Yung mga
FOODS natin ah?! Alam mo
na kung gano karami ang
kaya kong kainin! Hahahahaha!
At saka yung table namin ni
Michiko-koh, lagyan mo ng
candle sa gitna! Para parang

DATE narin namin hahahaha!
Kakanta ka ba?? Ha?! Kakanta
ka ba?! Kumanta ka! HAhahaha!
Manonood ako! Hehehehe!
I love you ulit, bading na
Deib! Bwahahahahahaha!
Happy Birthday! See you
later! =DDDDDDD
9:02am

Loko..

Napangiti pa ako sa text nya.

~Lee~

Hey, Deib. Good morning and
HAPPY BIRTHDAY. Have a good
one. =)
10:00am

Tch..

~Migz Bakla~

Hoy! Mr.Enrile! Hahahahah!
Babatiin na kita dahil baka
hindi mo pa ako iinvite dyan
sa birthday mo! d^_^b
MALIGAYANG KAARAWAN
sayo Ginoo'ng Enrile!
Ang kaisa-isang maloko'ng
gwapo sa loob ng BIS! Hahaha!
Nag-iisa ka! Nag-iisa kang talaga!
Enjoy mo ang araw na 'to okay?!
Dadating kami dyan para
manggulo! Yung performance
ko mamaya, paghandaan mo rin!
Hindi lang balahibo ang tatayo sayo!
Choz! Happy birthday, Deib! =)
10:01am

~Michiko~

Hello Deib, got your number from Tobi!
=)))))))))))

Just wanna greet you a happy happy
birthday! More birthdays to come!
10:03am
~BJ Bakla~
Oh!? Happy Birthday, di ba?!
Oh?! Ayan.. Happy Birtdhay ulit!
Pakain ah?! Yun lang..
Oh?! Happy Birthday pa!
10:08am
~Keziah~
Hi there handsome! =)
Just wanna greet you a
Happy happy birthday!
See you later! Let's party!
Muah!
10:12am
~Kimeniah~
Good morning, Deib! =)
Happy Birthday! I love you!
10:18am

Nawalan ako ng ganang magbasa ng iba pang mesage at isa isa ko na lang tinignan ang mga pangalan ng mga nagtext sa Inbox at nung wala na akong makitang importante ay saka ko yun ibinato..

Hindi man lang nagtext!

Nakaramdam na naman ako ng inis!

Sana kahit man lang ganitong badtrip ako, itetext mo pa rin ako! Yun lang naman ang inaantay ko!

WALA TALAGA SYANG PAKIALAM SAYO DEIB!

Dahil hindi ka naman nya mahal...

Biglang nangilid ang mga luha sa mga mata ko..

"Tsk! Ano ba kasing mahirap mahalin sakin! Badtrip!" napapailing pang singhal ko sa sarili at saka sumubsob sa unan ko!

"Gusto kitang yakapin ng ganito, Taguro.." mangiyak-ngiyak pang bulong ko sa unan kong halos hindi na makahinga sa sobrang higpit ng yakap ko.

MAXWELL'S POV

~RINNGGG!! RIIINNGGG!!~

~Chairman Calling . . .~

"Yoboseyo?" sagot ko.

"Eodiesseo?" tanong nya.

Translation: Where are you?

"Pauwi pa lang, galing duty.. Nasa ospital pa ko.."

"Umuwi ka na.."

"Bakit??" tanong ko at napatingin ako sa relos ko.

6:00 pm.

"Birthday Party ng Apo ng mga Enrile, we're invited.."

Napabuntong-hininga pa ako.

Sinong Apo?? Si Dein?? O si Deib??

Akala ko naman kung ano..

"Arasseo.. Pupunta na lang ako dyan sa Mansion.."

"No, magkita na lang tayo doon.. Sunduin mo si Maxpein.." then he hung up.

Simula nung huling kita namin ni Pein ay hindi pa rin kami nag-uusap hanggang ngayon!

BUSY ako masyado at alam kong hindi nya rin naman ako kakausapin.. Dahil kung hindi na sya badtrip sakin, kusa yung pupunta sakin at kakausapin ako..

Sana lang ay alam nyang dadating ako..

Umuwi ako sa bahay ko at kahit wala pang tulog ay naligo agad ako.. Pumili ako ng bagong suit mula sa Closet ko at yun ang isinuot ko.

Maya maya pa ay dumeretso na ako sa bahay nila Pein.

~KNOCK! KNOCK!~

Katok ko pa sa nakabukas namang pinto..

Agad akong sinalubong ng Ate ni Zarnaih.

"I'm here for Maxpein.." paunang usal ko at tinignan nya naman ako mula ulo hanggang paa kaya naman salubong ang kilay na tinignan ko rin sya mula ulo hanggang paa.

Tsh.. Maganda nga, maarte naman..

"Come in.." maano'y usal nya kaya naman pumasok ako at saka naupo sa sofa. **"Sinabi ko bang maupo ka?!"**

Gulat akong napatingin sa kanya at saka biglang napatayo!

"S-Sorry.." mahinang sagot ko at sininghalan nya naman ako ng tingin.

"Sitdown!"

She's.. Crazy..!

"Oh, Maxwell!?" si Naih. Kaya naman muli akong tumayo at sinalubong sya ng tingin! She's wearing a perfect white dress.

"You look gorgeous.." nakangiting puri ko pa sa kanya at nilapitan nya naman ako at saka pinalo ng bahagya sa braso ko.

"Aaiiisssh! Ikaw talaga!!!! Alam ko---ano ka ba! Hehehehehe! Waaaaaaa buti na lang dumating ka!"

"B-Bakit??"

"Engkasi.. wala kaming sundo.. Dapat nga magkocommute na lang kami e.. Hehehehe! Pano kasi, may plano kamin isurprise ang birtdhay celebrant! Hahahahaha! Kakantahan sya ni Maxpein e! Kung hindi mo naitatanong.. may boyfriend na ako hahaha! Kaso hindi nya ako masusundo ngayon kasi kasama rin sya sa plano! Sya ang bahalang umasikaso kay Deib doon para hindi masira ang plano! Ang gwapo mo ah?!"

"Thanks.." nakangiting sagot ko at saka sumulyap sa taas. **"Where's Pein??"**

"Magugulat ka!"

"Eh??"

"Magugulat ka kapag nakita mo si Maxpein!"

"B-Bakit??" tanong ko.

"Maaaaxxxxppppeeeeiiiin!!!!!" sigaw nya at napaatras pa ako ng bahagya sa ginawa nya.

Maya maya lang..

"Oh! Loko! Kapatid mo yan!" sigaw pa sakin ni Naih na hinampas muli ang braso ko!

"A-Ano bang sinasabi mo dyan!?" inis na singhal ko sa kanya at saka muling tumingin kay Maxpein. **"Woooww.. Yeppeuda.."** nakangiting puri ko sa kanya.

Translation: Beautiful..

She's wearing a simple white dress with her hair neatly combed and pony-talied on the side..

"You look so cute, Maxpein!!!" biglang sigaw nung kapatid ni Naih.

"Hindi ko alam na dadating ka pala?" walang emosyong tanong nya sakin kaya naman napailing ako.

"P-Pinapasundo ka sakin ni Chairman.." sagot ko.

"Ang gwapo mo ah??"

"T-Thanks.." nahihiyang sagot ko at ngumiti naman sya kaya naman nagulat pa ako ng bahagya at saka napangiti na lang rin. **"A-Akala ko mapapahiya pa ko e.."**

"Tss.."

"Angganda mo, Pein.."

"Talaga??"

"Mmm.."

"Naging confident tuloy ako.. salamat sa papuri mo.." biro nya.

"You're so beautifull.."

"Thanks hehehe.. Let's go??" yaya pa ni Pein kaya ngumiti ako at inialok ang kamay ko sa kanya.

"T-Teka Max! Yung gitara mo asan na?!" si Naih.

"Ayun.." nguso pa ni Pein sa sofa.

"Gitara?? Para san??" tanong ko naman sa kanila.

"Kakanta nga sya---anube!!!!" sigaw ni Naih sakin.

"I see.." tatangu-tangong sabi ko at saka isa-isa kaming lumabas. Sunod sunod ko silang inalalayan papasok sa kotse ko.

"Gentleman rin naman pala ang isang 'to.." dinig kong bulong pa ng Ate ni Naih kaya naman inis akong sinulyapan pa sya pero hindi na ako nagsalita. **"Thanks.."**

Tsh..

Sumakay ako sa kotse ko at nung ready na ang lahat ay saka ako nagmaneho. Si Maxpein rin ang nagturo sakin ng daan papunta sa bahay ng mga Enrile.. At ilang minuto rin lang ay nandoon na rin kami..

Marami ng tao at karamihan sa mga yun ay mga estudyante ng BIS.. May mga mangilan ngilang kilalang politiko rin ang nandoon.. Pero karamihan ay mga batang sing edad nila Maxpein.. Sabay sabay kaming pumasok sa loob ng bahay, agad naman kaming sinalubong ni Dean Enrile at saka kami pinapasok..

"A-Ahh Maxwell, ikaw na munang bahala sa Ate ko ah?! Kasi aasikasuhin pa namin yung stage! Kumuha ka ng magandang pwesto sa unahan ah!? Kelangan ako ang may pinakamalakas na sigaw don!" mabilis na bulong pa sakin ni Naih at saka hinila si Maxpein papasok ng bahay nila..

Napapailing namang nilingon ko ang Ate ni Naih at saka ko inialok ang kamay ko sa kanya na bakas rin ang pagkailang na kinuha nya.

Demmit.. This is unexpected!

"This way, Ma'am.. Sir.." inalalayan kami ng isa sa mga waiter papunta sa likod ng bahay.

At doon sumalubong samin ang napakaraming tao, munit ang karamihan naman sa kanila ay mga nakaupo sa kani-kanilang tables. May mga mangilan ngilan ring nakatayo at nakikipag-usap kung kani-kanino. Nung magsimula kaming maglakad papasok sa garden na yun ay isa-isang naglingunan ang mga tao..

"Eeeeeeeeeekkk! Ang gwapo ni Kuya Maxwell.."

"Who's that??"

"Who knows?"

"Bagay sila.."

"Ang gwapo pa rin ni Kuya Maxwell!"

"Kyaaaaaaaa!!"

"Waaaa inggit ako.."

"Cute nila.."

Mula sa paglalakad kong yun ay nakita ko agad si Mommy, Mokz, Chairman, Daddy at Maxrill, kasama rin nila sa table ang family ng mga Enrile, nandon ang parents ni Deib at si Chairman Enrile. Sa susunod na table naman ay sila Dein, Randall, si Keziah at yung kapatid nya. Taka pa silang tumingin sakin dahil malamang, hindi nila kilala ang kasama ko. Agad ko ring nakita ang mga kaibigan nila Maxpein na nakaupo, sa tabing table lang ng family namin.

Inalalayan ko si Yaz na maupo sa katabing table na nasa bandang harapan ng table ng family ko, nila Dein at ng mga kaibigan nila Maxpein. Tumango pa ako sa kanila bilang pagbati. Gulat naman akong napatingin kay Maxrill na biglang lumapit samin.

"Nugu??" nakangusong tanong ni Maxrill sakin. Naiilang naman akong napatingin kay Yaz na parang nagtataka sa pag-uusap namin!

Translation: Who??

"Yaz, this is my brother, Maxrill.. Maxrill, this Naih-Noona's Unnie.. Arasseo??"

Translation: Ate Naih's Older Sister.. Understand??

"Aahh.. Geurigo??" si Maxrill.

Translation: And then??

"G-Geurigo mwol!?" inis na tanong ko!

Translation: And t-then what!?

"Y-Yeojachingu?!" nanlalaki ang mga matang tanong pa ni Maxrill!

Translation: G-Girlfriend?!

"B-Babo---Ani!" sigaw ko sa kanya at ngingisi ngisi naman syang tumingin kay Yaz.

"Annyeong, yeppo!" bati ni Maxrill sa kanya.

"H-Hi.." nahihiyang bati ni Yaz sa kanya. **"A-Ano daw??"** takang baling sakin ni Yaz.

"Pangit ka daw.." seryosong sabi ko sa kanya at pinandilatan nya naman ako ng mga mata!

"Y-Ya! I said, hi beautiful.." bati na naman ni Maxrill sa kanya kaya naman pinandilatan ako ng mata ni Yaz at saka ngiting ngiting bumaling kay Maxrill at sila na ang nag-usap.

Mabilis na tumakbo ang oras at minuto.. Sabay sabay na kaming kumakain nila Maxrill at Yaz.. Nakikita ko na ring kumakain ang Family ko kasabay ng mga Enrile, at ganon na rin sila Dein at mga kasama nya.. Isa isang nagsipagwalaan kanina pa ang mga kaibigan nila Maxpein at Deib.. Sila Maxrill at Yaz naman ay abala sa pag-uusap kaya naman abala ako sa paggala ng mga mata ko sa paligid..

At doon natuon ang paningin ko sa swimming pool na ginawang stage, nananatiling may takip na tela ang stage kaya naman hindi mo ito kitang kita munit maaaninag mo naman dahil sa nipis ng telang nakatakip doon.. May malakas na slow sounds naman na nagmumula sa stage na yun.. Salamin ang pinakastage kaya naman kung ikaw ang tatayo doon ay iisipin mong nasa ibabaw ka ng tubig.. Mahaba at malaki ang swimming pool na bumagay sa lawak ng backyard garden na yun.. Maraming tables at napakaraming designs na bilog at iba't ibang kulay na ilaw ang nakasabit sa ere.. Ang mga tables na pinapatungan ng mga foods, cakes at gifts ay designed at paired sa designs ng mga sabit sabit sa paligid..

~PLASSSKK*

"A-Ayy!"

"Ay anong nangyari??"

"Bakit namatay ang ilaw??"

Nawala ang ugong ng usapan sa paligid sa biglaang pagkamatay ng ilaw..

Munit agad rin namang nabalik ang pumupuri'ng bulungan nung isa-isang magbukasang muli ang mga ilaw..

"Oooohhh.."

"Waaa..."

"Woooaaahhh.."

"Amazing.."
"Ang ganda.."
"Start na ata.."
"Kyyyyyaaaaa!!!!"
"Waaaaaaaaaaa!!"
"Yaaaaaaaaaaa!!!"
"Oh my God!!!"
Sabay sabay kaming napalingon sa likod nung biglang magsimula ang tilian ng mga babae'ng nandoon..
Nakangiting naglalakad papunta sa gitna si Deib kasama ang Mommy nya..
"Waaaaaaaaaaaaaaaa!!"
"Ang gwapooooo ni Deeeeiib!!!"
"Juskoooo! Maloloka ata ako!"
"He's so handsome!"
"Waaaa I'm gonna die!"
"I looooove youuu na Deiiibb!!!"
Mga bata talaga.. Tsk tsk..
"Happy birthday, Deib!!" bati ng isa sa mga babae'ng lumapit kay Deib.
"Thank you.." si Deib..
Sya pala ang may birthday..
"Happy Birthday, Deib! Ang gwapo mo!"
"A-Ahh hehehe.. Salamat.."
"Happy Happy Birthday, boy.." bati pa ng isang kilalang politiko.
"Thank you, Tito.."
"Happy birthday, son.."
"Thanks, Tito Dredd.."
"Happy birthday, Deib Lohr.."
"Thanks, Tita.."
"Happy Birthday.."
"Thank you.."
At kaliwa't kanan ang naging pagbati sa kanya kaya naman ganon rin ang pasasalamat nya sa mga ito..
Maya maya pa ay isa-isa nyang nilapitan ang mga table at nag-sstay sya doon sandali para makipag-usap sa mga bisita nya..
Kaya naman nailinga ko ang paningin ko..

Nasan na ba sila Pein?

"A-Ang tagal naman nila??" tanong ko pa kay Yaz.

"Who?" tanong ni Maxrill.

"Si Maxpein.."

"Ahh, she's here?"

"Tsh.. Of course.. That's her boyfriend.." turo ko kay Deib.

"Aiiishh! Kojitmal.."

Translation: That's a lie..

"N-Nan kojitmal haji.." malumanay na sagot ko sa kanya at ngumuso naman si Maxrill kay Deib.

Translation: I'm not lying..

"Kojitmal.." parang batang ulit nya pa.

"Jinsil.." pilit ko.

Translation: Truth..

"Kojitmal.."

"Jinsil.."

"A-Ahh.. Hyung, kojitmal.."

"Tsk.. Totoo nga!" inis na talagang sigaw ko sa kanya.

"Then why is he with her??"

Her??

"W-Who??" takang tanong ko at saka nilingon ang itinuro nya ng palihim at saka ko nakita ang kapatid ni Keziah. **"K-Kimeniah??"** tanong ko pa at tumango agad si Maxrill.

"I saw them together.."

"Where?"

"Inside.. We were waiting inside when we arrived here.. Tch.. they're all busy talking and all I do is look around.. I got so bored so I went upstairs.. Then there I saw them.."

"A-And???"

"And what??" nakangusong tanong nya pa.

"W-What are they doing?"

"They look sweet.. the girl is hugging him from the back.."

Nagkatinginan kami ni Yaz dahil sa sinabi ni Maxrill.

"H-Hwakssilya??" tanong ko pa.

Translation: Are you sure?

"Mullon!" nakanguso pang sagot nya.

Translation: Of course!

WTF?

Mas nagkatinginan naman kami ni Yaz at saka ko nilingon si Deib..

Abala pa rin sya sa pakikipag-usap sa mga bisita nya..

Munit nun rin mismo ay naglakad sya papalapit sa table ng mga kaibigan nya munit nagtaka sya dahil wala ang iba sa kanila..

"Happy Birthday, Deib!" sabay sabay na bati nila.

"Thanks.. Oh.. n-nasan yung iba??" dinig kong tanong pa ni Deib.

"A-Ahh.. may inaasikaso lang.." si Michiko, kaibigan ni Maxpein.

"Tch.. Late na nga sila---may inaasikaso pa rin? Ano ba yun??"

"W-Wala hehehehehehe.."

"Kumain na ba kayo??"

"Yeah, kanina pa.. S-Sila Maxpein na lang ang hindi.."

"Ganon ba-----"

****GREEEEEEEENNNGGGG. . . . ****

Gulat na napatingin ang lahat sa stage na natatakpan ng isang puti munit manipis na tela..

Isang strum sa gitara ang malakas na tumunog mula doon kaya naman napalingon doon ang lahat ng tao..

"What's that??"

"Ano yun??"

"I don't know.."

"Biglang tumugtog e.."

"Guitar yata yun.."

Bulungang muli ng mga tao.

Takang naglakad papunta si Deib sa mismong harapan nun..

At saka nya dahan dahang inaninag ang nasa likod ng tela'ng yun sa stage..

♫ ♪ ***"When I first saw you I already knew.."*** ♫ ♪

That voice..

Napakapamilyar sakin nung boses na yun na biglang kumanta!!!

♫ ♪ ***"There was something inside of you.. Something I thought that I would never find.. Angel of mine.. I look at you, lookin' at me.. Now I know why they say the best things are free.. I'm gonna love you boy you are so fine.. Angel of Mine.."*** ♪ ♫

"Awwww.."

"How sweetttt.."

"Pero b-bakit parang hindi naman maganda yung boses??"

"Babae ba yun??"

"Lalaki yata.."

Gusto ko pang matawa sa mga nadinig kong bulungan!

♫ ♪ "How you changed my world you'll never know.. I'm different now, you helped me grow.. You came into my life sent from above.. When I lost all hope you showed me love.. I'm checkin' for ya boy you're right on time.. Angel of Mine.. Nothing means more to me than what we share.. No one in this whole world can ever compare.. Last night the way you moved is still on my mind.. Angel of Mine.." ♫ ♪

****MUTIMEDIA ON THE SIDE IF YOU'RE READING ONLINE!****

Nanatiling madilaw ang ilaw na hindi naman ganon kaliwanag at nung lingunin ko si Deib ay gulat syang nakatingin pa rin sa stage habang nakatayo sa harap nito!

"Si M-Maxpein ata yun??"

"Oh my God.."

"That's so sweet of her!"

"Yiiiieeee.."

"Kinikilig ako.."

"Look at Deib oh.."

"He's so amazed.."

"He's so handsome.."

"Super!"

Muling natuon nag paningin ko sa stage nung dahan dahang umangat ang tela'ng nakatabing doon..

Unti-unti'ng lumitaw ang kabuuan ni Maxpein na nasa gitna ng stage, nakaupo sa isang mababang upuan.. May hawak na gitara at kumakanta sa harap ng mic.. Nakapikit pa sya at animong ramdam na ramdam ang kinakanta nya..

♫ ♪ "What you mean to me you'll never know.. Deep inside I need to show.. You came into my life sent from above.. When I lost all hope, you showed me.. I'm checkin' for ya, boy you're right on time.. Angel of Mine.." ♫ ♪

Iminulat nya pa ang mga mata nya at malungkot ang mga mata'ng tumitig kay Deib na hindi makagalaw sa mismong harap ng stage..

♫ ♪ "I never knew I could feel each moment.. As if it were new.. Every breath that I take, the love that we make.. I only share it with you.. When

I first saw you I already knew.. There was something inside of you.. Something I thought that I would never find.. Angel of Mine.." ♪ ♫

Nagtitigan silang dalawa na animong silang dalawa lang ang tao sa buong paligid na yun..

Hindi sing ganda ng iniisip mo ang boses ni Maxpein..

Pero ng dahil sa emosyong inilalabas nya ay napapaganda nya ang kanta..

Perpekto'ng perpekto ang pagkakatugtog nya sa gitara.. Sabayan pa ng katahimikan at kumikislap na mga matang nakamasid sa kanila na animong tuwang tuwa'ng pinapanood sila..

Napapasabay ng dahan dahang wagayway ng katawan ang mga nanonood sa kanila at batid sa mga mukha nilang ramdam nila ang emosyong nagmumula kay Maxpein..

♫ ♪ "You came into my life sent from above.. When I lost all hope you showed me love... I'm checkin' for ya, boy you're right on time.. Angel of Mine.. How you changed my world you'll never know.. I'm different now, you helped me grow.. I look at you lookin' at me.. Now I know why they say the best things are free.. I'm checkin' for ya, boy you're right on time.. Angel.. of.. mine..." ♪ ♫

Sabay sabay na tumayo ang lahat at..

****PALAKPAKAN****

****CLAP!*CLAP!*CLAP!*CLAP!*CLAP!****

"Waa!!!"

"Ang sweettttt my Gooood!"

"Nakakainlove!!!"

"Ang galing mo Maxpein!!!"

"Woooohhhhh!!!"

"Idol talaga!!"

"Kiliiiigggg!!!"

"Kyyyyyaaaaaa!!!!"

Nananatiling nakatayo si Deib sa harap nya at si Maxpein naman ay parang walang naririnig at nananatiling nakatingin sa kanya..

Pareho silang nakatingin sa isa't isa at parang walang ibang kasama..

DEIB'S POV

You came into my life sent from above.. When I lost all hope you showed me love... I'm checkin' for ya, boy you're right on time.. Angel of Mine.. How you changed my world you'll never know.. I'm different now, you helped me grow.. I look at you lookin' at me.. Now I know why they say the

best things are free.. I'm checkin' for ya, boy you're right on time.. Angel.. of.. mine...

Parang dinudurog ang puso ko habang nakikipagtitigan sa kanya..

Pero bakit ganito ang nararamdaman ko?

Dinig na dinig ko ang bulungan ng mga nakikinood..

Iniangat ko ang paningin ko at saka muling sinalubong ang tingin nya..

Dahan dahan syang tumayo at kitang kita ko ang panginginig sa mga kamay nya..

Bagay na ngayon ko lang nakita..

Dahan dahan nyang hinawakan ang mic at saka inilagay sa likod nya ang nakasabit pa ring gitara nya..

"H-Happy Birthday, Babe.." mahinang usal nya pa sa mic..

At saka....

"Kyaaaaaaaaaa!!!"

Waaaaaaaaaaa!!!"

"Yaaaaaaaa!!"

"Yiiiiiiiiiiieeeeeeee!!!"

"Ang sweet mo naman Maxpein!"

"Kiss na yan!!!"

"Kisssss!!!"

"Wooooooohhhhh!"

"Feeling ko in love rin ako, grabe!!"

"Nakakakilig sila.."

Demmit..

Tumalas ang tingin ko kay Taguro at napabuntong-hininga ako..

Umatras pa ako ng bahagya.

Hinintay ko syang makababa ng stage at saka sya lumapit sakin..

"H-Happy Birthday.." pag-uulit nya pa.

"Thank you.." pormal na sagot ko.

"P-Pasensya ka na.. h-hindi ganon kaganda ang boses ko.."

"Ayos lang.."

"N-Nagustohan mo ba ang k-kinanta ko??"

"Mmm.." tipid na tugon ko at natigilan naman sya saka napayuko.

Kaya naman muli akong bumuntong-hininga.

Muli akong tumingin sa mga mata nya na agad nya namang sinalubong.

"M-Maupo ka na.. hahatiran na lang kita ng food--"

"B-Babe---"

"I said.. s-stop calling me that." pigil ang inis na usal ko at nagitla sya at saka bahagyang nanlalaki ang mga matang napatitig sakin. **"Go to your table.. dadalhan kita ng food mo---"**

"S-Sandali.." pigil nya sakin at nilingon ko naman sya.

Biglang dumagundong sa bilis ang tibok ng puso ko at napapalunok akong sinalubong muli ang mga tingin nya. Nagbago ang kaninang malulungkot nyang mga mata..

Ngayon ay nagsisimula na namang bumalik sa unang Maxpein ag nakikita ko..

Yung Maxpein na blangko..

Walang emosyon at tahimik..

Yun na yun ang Maxpein ngayon sa harap ko..

Pilit kong inaayos ang sarili ko at hindi ipinakita sa kanya ang emosyong nararamdaman ko.. Ayokong maramdaman nya ang kabang nararamdaman ko ngayon sa dibdib ko..

"H-Hindi ko ugaling maghabol sa tao.. K-Kaya gusto kong marinig ngayon ang sasabihin mo.. Mahal mo pa ba ako?" seryosong seryosong tanong nya at napalunok ako!

Hindi ako sumagot at tumitig lang ako sa kanya..

Taguro, please.. w-wag ganito..

"Isang tanong.. Isang sagot.." pilit nya pang pinipigilan ang paggaralgal ng boses nya munit kusa itong lumalabas sa bibig nya. **"M-Mahal mo pa ba ako?"**

Hindi ako nakasagot..

At parang mabibiyak ang ulo ko sa sobrang tahimik na nangingibabaw sa pagitan naman..

Tumango tango sya kabasay ng sunod sunod na pagkurap ng mga mata nya sa mismong harap ko habang nakatingin sa mga mata ko..

Napakagat sya sa labi nya at saka dahan dahang umalis sa harap ko..

At doon ako nakahinga ng maluwag..

Munit habol habol ko pa rin ang paghinga ko..

Why the hell am I doing this??

Why the hell am I doing this!!!!

Pigil ang luhang sinundan ko sya ng tingin..

Gusto kong maupo sa sobrang panghihina nga tuhod ko..

Pero hindi pwede dahil nasa akin ang paningin ng lahat..

Pero pahilim ko ring pinunasan ang luhang yun at saka lumapit kila Mommy..

"Happy Birthday.."

"Happy Birthday.."

"Happy Birthday, Deib!"

"Nice suit.. Happy Birthday!"

"Hey there, big boy! Happy Birthday!"

"Deib Lohr, Enrile.. how how how! Happy Birthday!"

"Happy birthday, handsome.."

"Happy Birthday, kapatid!"

"Hey hey hey! Happy birthday to you!"

♫ ♪ ***"Happy Birthday to you.. Happy Birthday to you.. Happy Birthday! Happy Birthday! Happy Birthday to youuuuu!!!!"*** ♪ ♫

♫ ♪ ***"Happy Birthday to you.. Happy Birthday to you.. Happy Birthday! Happy Birthday! Happy Birthday to youuuuu!!!!"*** ♪ ♫

Sabay sabay silang kumanta at pilit na ngiti lamang ang naiganti ko sa kanila..

Magkatulong pang tinulak ng dalawang waiter ang malaki kong cake na nakapatong sa table na de gulong at saka inihinto sa harap ko.

"Make a wish!!" sigaw pa ni Mommy at hindi ko malaman kung bakit kusang hinanap ng paningin ko si Taguro.

Naipikit ko ang mga mata ko nung makita kong hindi sya sakin nakatingin..

I want this pain to disappear, naiusal ko sa isip ko at saka muling nagmulat.

****CLAP!*CLAP!*CLAP!*CLAP!*CLAP!****

"Woooohhhh!!! Happy Birthday!"

"Happy Birthday!!"

"Happy happy birthday!!!"

♫ ♪ ***"Happy Birthday to you.. Happy Birthday to you.. Happy Birthday! Happy Birthday! Happy Birthday to youuuuu!!!!"*** ♪ ♫

♫ ♪ ***"Happy Birthday to you.. Happy Birthday to you.. Happy Birthday! Happy Birthday! Happy Birthday to youuuuu!!!!"*** ♪ ♫

Sa napakaraming bumati sakin ay hindi ko matandaan kung sino sila.

Para akong nawala sa sarili ko..

Gusto kong magawala pero hindi ko alam kung para saan at anong dahilan!

"D-Deib.." si Kim. **"Are you okay??"** tanong nya pa at nanlulumong tumitig naman ako sa kanya..

"I'm not okay.." mahinang sagot ko at bumalatay ang pag-aalala sa mukha nya.

"D-Deib.."

"I w-want to disappear, Kim.." gumagaralgal pa ang boses na usal ko.

"D-Deib.. a-anong gagawin ko??" nag-aalalang tanong nya at tumitig naman ako sa kanya.

"You can't do anything about it, Kim.." malungkot pa ring sagot ko at hindi na sya sumagot.

Maya maya pa..

"Deib.." si Chairman. Lumapit naman ako sa kanya at naupo sa tabi nya.

"Y-Yes, Chairman?"

"Happy Birthday.." bati nya at saka inabot ang isang maliit na box sakin. Napapayukong inabot ko naman yun.

"T-Thank you po.."

"Open it.." utos nya at sumunod naman ako. Nanlaki pa ang mga mata ko nung makita kong susi ng sasakyan ang laman non.

"T-Thank you, Chairman.." naiusal ko pa.

"Mmm.. welcome.. Pero, sana ay ilagay mo sa isip mong napakaswerte mo dahil.. nasa sayo na ang lahat.. mag-aaral ka na lang ng mabuti at mag-aasawa.."

Mag-aasawa??

"There's something you're not telling me.." seryosong usal nya at saka nilingon ako. Bahagya pa akong nagitla sa sobrang seryoso nya.

"A-About what, Chairman??" mahinang tanong ko pa.

"Are you in a relationship with Maxpein??"

Hindi ako nakasagot at napayuko na lang ako.

"Alam mo bang.. hindi sya anak ni Maze??" dagdag tanong pa ni Chairman.

"Y-Yes.." sagot ko.

"Mmm.." kaya naman napayuko ako at hindi nakasagot. **"I like her.."**

Muli akong napatingin kay Lolo at saka ko sinundan kung saan nakatingin ang paningin nya! Laking gulat ko pa nung makita ko kung kanino sya nakatingin!!!

KAY KIM!

"I like, Kim.. She's classy.." dagdag pa ni Chairman. **"Court her.."**

"C-Chairman.." usal ko pero nilingon nya lang ako at saka ngumiti.

"I'll wait for that.." sabi nya pa at saka tumayo at naglakad papalayo.

Naiwan akong tulala at hindi makapaniwala sa narinig ko.

MAX'S POV

Gusto ko ng umuwi..

Pero hindi ko magawang kumilos at lumakad paalis..

Nasasaktan ako ng sobra sobra..

Ang bilis bilis ng tibok ng puso ko..

Gusto kong maiyak at tumakbo na lang basta..

Dahil pakiramdam ko..

Mauulit ang nangyari..

Ayoko na.. Hindi ko kakayanin..

Natotrauma ako twing maiisip ko yung feeling..

Natatakot ako at kinakabahan ako.. Hindi ko magawang magsalita at ang lahat halos ng mga mata ng kasama ko ay nakatuon sakin.. Hindi ko magawang magsalita.. Nananatili lang akong nag-iisip..

"M-Max.. Kumain ka na muna.." mahinang pakiusap sakin ni Naih. Kami kami lang ang magkakasama sa table namin. Ako, si Tob, Michiko, Lee, Naih, BJ at Migz. Sina Maxwell, Yaz at Maxrill ay nasa iisang table naman kasama nila Maze, Chairman, Mokz at Daddy.

Sa kabilang table naman ay sina Dein, Randall, Keziah, Kimeniah at Deib..

Umiikot ang munto ko pero pakiramdam ko ay masyado yung nakakahilo!!

Gusto kong lumubog sa kinauupuan ko!

Nagiging mahirap sakin ang paghinga.. Kung anu-ano ang naiisip ko at parang dinudurog nun ang isip ko..

"M-Migz.."

Naiangat ko ang paningin ko nung marinig ko ang boses nya..

SI DEIB.

Muling nagtama ang paningin namin munit mabilis nya ring inalis sakin ang paningin nya at itinuon yun kay Migz.

"D-Deib..??" si Migz.

"S-Sabi mo.. kakantahan mo ko??" nakangiting tanong pa ni Sensui.

"A-Ahh oo.. Ngayon na ba??"

"Oo sana e.. heheheh.. Okay lang ba??"

"Oo naman.."

"Nice.. S-Sige, kakausapin ko na yung banda.."

"Sige sige.." sabi pa ni Migz at saka namin sinundan ng tingin si Sensui na lumapit sa stage at kinausap yung mga tao'ng nasa harap ng mga instrumento.

"K-Kakanta muna ako mga bakla.. Para maaliw naman ang mga tao.." sabi ni Migz biglang tayo..

"Max, kain ka na muna.." si Lee. At don lang ako muling bumalik sa ulirat.

"O-Oo.." wala sa sariling naisagot ko at saka sinimulang galawin ang pagkain sa harap ko.

Lahat pa rin ng paningin nila ay nasa akin..

Pero hindi ko na sila pinansin at saka ako nagsimulang sumubo ng pagkain..

"This song is dedicated to our birthday boy, Mr. Deib Lohr Enrile, Mr. Enrile! Happy Happy Birthday!" sambit pa ni Migz sa mic. **"Taray sa request list ah.. Parang ayaw nyo na akong pakainin??"**

"Hahahahahahahahhahaha!!" malakas na tawanan ng mga taong nanonood!

"Kantahin mo na yan, bakla!" sigaw pa ng isa sa mga lalaki mula sa malayo.

"Oo, bakla.. teka lang, bakla.. Hihinga lang ng malalim, bakla!" sarkastikong tugon pa ni Migz sa mic.

"Hahaha!!!" tawanan pa ulit ng mga tao.

"Goooo Migz!!!" sigaw pa ni Michiko at saka nagpalakpakan ang mga tao dahil tumunog na ang mga instrumento.

****CLAP!*CLAP!*CLAP!*CLAP!*CLAP!****

Now Playing: Do I have to Cry for You by Nick Carter

♫ ♪ "Don't wanna close the door.. Don't wanna give up on it.. Don't wanna fight no more.. We'll find a way around it.. Where's the love we had??? We can make it last... Tell me what I gotta be..?? Tell me what you wanna do..?? 'Cause I can't live my life.. The way you want me to.. You know I can't go on.. Living like we do.. Do I have to cry for you? Do I have to cry for you?" ♪ ♫

"Woooohhh!!!"

"Lalaking lalaki ah!"

"Galing mo, bakla!"

"Yeeaaaahhh!"

♫ ♪ ***"So tell me what it's for, if there's no winner in it? Nobody's keeping score.. Let's start from the beginning.. Can we make it last?? Where's the love we haaaaadd!!! Tell me what I gotta be..?? Tell me what you wanna do..?? 'Cause I can't live my life.. The way you want me to.. You know I can't go on.. Living like we do.. Do I have to cry for you? Do I have to cry for you?"*** ♪ ♫

Gulat akong napatingin nung biglang maglakad mula sa gilid ko si Sensui kasama si Kim..

Naiiwas ko ang paningin ko at saka itinuon yun sa kinakain ko..

♫ ♪ ***"Tell me what I gotta be..?? Tell me what you wanna do..?? 'Cause I can't live my life.. The way you want me to.. You know I can't go on.. Living like we do.. Do I have to cry for you? Do I have to cry for you?"*** ♪ ♫

Bumabaon sa dibdib ko bawat salitang kinakanta ni Migz..

Kahit hindi para sakin ang kantang yun ay tinatamaan ako..

"M-Max.." malungkot pang tawag sakin ni Naih at sinuklian ko lang sya ng pilit na ngiti at saka ako nagtuloy sa pagsubo.

♫ ♪ ***"Do I gotta stand in the cold dark night.. Till the morning light?? Yeah.. Do I have to say..?? I won't let you get awaaaayyyy!!! What I gotta be..?? Tell me what you wanna do..?? 'Cause I can't live my life.. The way you want me to.. You know I can't go on.. Living like we do.. Do I have to cry for you? Do I have to cry for you? You know I can't go on.. living like we do.. Do I have to crrryyy.. for you??? Do I have to cry.. for you??"*** ♪ ♫

Dumarami ang mga matang nagmamasid sakin kaya naman hindi ko na napigilan ang sarili ko't tumayo ako..

"S-Saan ka pupunta??" gulat na tanong pa sakin ni Naih.

"M-Magsi-CR lang a-ako.." utal pang usal ko at saka tinalikuran sya..

Mabilis akong naglakad papalabas ng garden na yun at narating ko ang harap ng bahay nila.

"Ooops! Wait.."

Napalingon ako mula sa likuran ko nung biglang may pumigil sakin.

Si AIMEE, kasama na naman si ABBY.

"Look at you.." sarkastikong ani Aimee pa na sinipat ako mula ulo hanggang paa. **"Mm! That dress looks good on you, where did you bought it??"** interesado pa kunwaring tanong nya.

"E-Excuse me.. I gotta go---"

"Not so fast, Maxpein.." pigil pa sakin ni Abby. **"Mukhang nag-end na ang mala-fairytale mong love story with Deib??"**

"Ano na naman ba 'to?" pigil ang inis na tanong ko. Walang tao sa gawi'ng yun kaya naman nadadarag ako ng dalawang 'to.

Mga walang magawa..

"May kaso ka pa samin, remember??" sarkastikong tanong pa ni Aimee.

"Inano na naman kita??" inis na tanong ko.

"My boyfriend got kicked out because of you.."

"Ginusto nya yun.."

"Who told you?!"

"Tss.."

"Oh well.. mag-ingat ingat ka.. Hindi mo alam.. may nakamasid pala sayo.."

"Mas mag-ingat ka.. dahil yung ganyang paglapit lapit mo sakin---inilalapit mo lang ang sarili mo sa disgrasya.." sagot ko.

"Oh really?? That.. is so scary.."

Hindi ako nagsalita..

"Ang malas malas mo lang talaga, Maxpein.. Hahahahaha! Mukhang si Kim na naman ang prinsesa.. At ikaw?? Muchacha na naman.." si Abby.

"Nagmamadali ako---"

"You'll be dead.." mariing pigil pa ni Abby sakin at inagaw ko naman ang braso kong hinawakan nya pa!

"Get lost.." bulong ko pa sa kanya at saka nilayasan sila.

Mabilis akong lumabas ng gate at saka nagsindi ng sigarilyo..

Ramdam ko na naman ang lungkot..

"You still smoke??"

Gulat na napalingon ako sa gilid ko..

SI DEIN!

Saglit rin akong natigilan habang nakatingin sa kanya at saka ko dahan dahang iniiwas ang paningin ko at nagtuloy sa bisyo ko.

"Why don't go inside??" tanong nya pa. Walang halong sarkastiko ang tono nya, bagay na nakakapanibago sa kanya.

"Kalalabas ko lang.." walang emosyong sagot ko.

"Don't you wanna stay there?"

"Masyadong maraming tao.."

"O may iniiwasan ka??"

Hindi ako sumagot..

"Deib is not acting normal.. I've noticed.." mahinang usal nya pero hindi ko sya pinansin. "**Did something happened between the two of you??"**

Hindi pa rin ako nagsalita..

"H-Hindi sya masaya.." dagdag nya at napayuko naman ako.

'un ang pinili nya e..

"Gusto kong magalit sayo.. A-Alam mo ba yun??" tanong nya pa pero hindi pa rin ako kumibo. **"Psh.. Hinahabol habol ka na ni Randall---in love pa sayo ang kapatid ko.. What the heck?? Ano bang meron sayo at nagkakandarapa sayo ang mga lalaking importante sakin??"** dagdag nya at napabuntong-hininga naman ako. **"Bakit nga ba hindi ka pa pumili??"** ayun na naman yung sarkastikong tono ng pananalita nya kaya naman napabuntong-hininga pa akong muli. **"Is it Randall?? Or is it Deib??"**

"Ano bang klaseng tanong yan?" tanong ko habang nakatingin sa baga ng yosi ko.

"Simula nung dumating ka.. h-hindi na naging maayos ang takbo ng relasyon namin ni Randall.. Parati syang wala sa sarili at hindi nya na nagagawa yung mga dating ginagawa nya nung wala ka pa.. H-Hindi ko na kailangang lokohin pa ang sarili ko.. I'm sure that you're the only reason why he's acting like that.."

"Anong gusto mong sabihin?" tanong ko at don ko sya nilingon.

"Hindi ganon kadali mawala ang feelings Max.. Maiintindihan kita kung sasabihin mo yun.. But why prolong your suffering?? B-Bakit hindi mo na lang sya balikan!?"

Hindi ko sya sinagot.

"Bakit nga ba hindi mo na lang balikan si Randall?! Tutal---pareho naman kayong naghihintayan!"

"Sino namang may sabi sayo nyan?" seryosong tanong ko at natigilan sya. Ibinato ko sa malayo ang yosi ko at saka ako tuluyang humarap sa kanya. **"Sinong tanga ang nagbulong sayo ng mga iniisip mong yan?!"** pigil ang inis na tanong ko at mas natigilan naman sya. **"Pumasok ba ang kaluluwa mo sa katawan ko para masabi mong ganyan nga ang nararamdaman ko?!"** sarkastikong tanong ko at napailing naman sya.

"Maaaring hindi.. pero dahil babae rin ako, nararamdaman ko---"

"Kung ganon mali ang pakiramdam mo!" sigaw ko at natigilan sya. **"Magkapatid nga kayo.."**

"W-What do you mean??"

"Tss.." singhal ko sa kanya at saka sya tinalikuran.

"W-Wait.." pigil nya sakin munit hindi ko sya nilingon. **"Si D-Deib.. b-bakit sya ganyan?? Si Kim ang kasama nya---imbes na ikaw?"**

"Bakit hindi sya ang tanongin mo?"

"I d-don't wanna spoil his party.. I'm really curious so I wanna know it now.. A-Anong nangyari?"

"Nakipagbreak sya sakin.."

"W-What?!"

"Nakipagbreak sya sakin---"

"Pumayag ka naman?!"

"Bitiwan mo nga ko!" sigaw ko pa sa kanya at saka inagaw ang kamay ko at naglakad papasok.

Peste.. Mga peste!

Naghahalu-halo ang nararamdaman ko at hindi ko alam kung anong uunahin ko!

Mabilis akong naglakad pabalik sa loob at saka ako naupo sa upuan ko.

"Ang tagal mo namang mag-CR??" si BJ.

"May kinausap pako.."

"Sino?"

"Si Dein.." sagot ko at saka iniiwas ang paningin ko sa kanila.

Nasa stage pa rin si Migz pero ngayon ay kasama nya na si Naih na kumakanta kaya naman sa kanila ko na lang itinuon ang paningin ko.

"Okay ka lang ba??" nag-aalalang tanong pa ni Tob. Hindi man lang namin magawang mag-usap usap. Dahil bukod sa wala ako sa wisyo, ay busy rin sila sa kani-kanilang kasama..

"Mmm.. okay naman.." pilit ang ngiti'ng sagot ko.

"H-Hindi pa ba kayo okay ni Deib??" nag-aalalang tanong nya.

"S-Saka na muna siguro yun.."

"P-Pero Max.. mas maganda kung kakausapin mo sya di ba??"

"H-Hindi na muna, Tob.. H-Hindi nya kasi nagustohan yung g-ginawa ko kanina e.."

"Oh?!" gulat na tanong nila ni Lee kaya naman kunwaring natawa ako.

"Mmm.. H-Hindi nya ata nagustohan.."

"Sshhhkkk.. Ano ba ang nangyayari sa loko'ng yun!?" inis na tanong pa ni Tob na tumingin sa gawi nila Sensui kaya naman nilingon ko rin sya.

Nakatingin lang sya sa stage at pinapanood sila Naih. Kaming dalawa naman ni Kim ang nagkatinginan kaya naman nginitian ko nalang sya at saka muling tumingin nalang ulit kila Naih na kumakanta pa.

♫ ♪ ***"Every now and then.. We find a special friend.. Who never lets us down.. Who understands it all.. Reaches out each time you fall.. You're the best friend that I've found.. I know you can't stay.. A part of you will never ever go away.. Your heart will stay.."*** ♪ ♫

Gulat akong napatingin sa tagiliran ko nung biglang may humila ng upuan doon at naupo!

SI SENSUI!

Dagling bumilis ang tibok ng puso ko at mabilis ko ring iniiwas sa kanya ang paningin ko.

"Kumain ka na?" malumanay na tanong nya kaya naman agad kong nilingon sya.

At muling nagtama ang paningin namin.

"O-Oo.." tipid na sagot ko.

"Kumain ka pa.."

"W-Wala akong gana.." sagot ko at saka iniiwas ang paningin ko sa kanya at tumingin na lang kay Naih na tuloy pa rin sa pagkanta.

"Bakit naman wala kang gana??" natatawa pang tanong nya. **"Hindi mo ba nagustohan ang luto ng Mommy ko??"**

"H-Hindi.. Nagustohan ko.." kabadong sagot ko.

"Akala ko hindi mo nagustohan.. E bakit wala ka kamong gana??"

"H-Hindi pa rin kasi maganda ang pakiramdam ko.."

"Tch.. Pumunta ka pa dito?"

Hindi ko sya sinagot at napabuntong-hininga nalang ako.

"Yung kanta mo kanina.. yun na ba ang regalo mo sakin?" tanong nya at nilingon ko na naman sya. Pero hindi ako nakasagot. **"Yun na ba yun??"** nakangiting tanong nya pa.

♫ ♪ ***" I'll make a wish for you.. And hope it will come true.. That life would just be kind.. To such a gentle mind.. If you lose your way.. Think back on yesterday.. Remember me this way.. Remember me this way.. Hmm..... this way.."*** ♪ ♫

Hindi ko na sya sinagot at tumingin na lang ulit ako kila Naih.

"Sana ganon kaganda kay Parrot ang boses mo.. Baka sakaling naappreciate ko.."

Inis akong nilingon sya.

"Nandito ka ba para mang-insulto??" inis na tanong ko at ngumisi naman sya.

"Nainsulto ka ba?"

"Tss.."

"Sana hindi ka na lang kumanta---hindi rin naman pala ganon kaganda ang boses mo.."

"U-Umalis ka na nga dito.. bumalik ka na lang don sa table nyo.."

"Bakit hindi ka sumayaw?"

"Bakit naman ako ako sasayaw?" sarkastikong tanong ko.

"Ayun yung ex mo oh.." turo nya pa sa likuran ko pero hindi ko yun nilingon at nananatiling na kay Sensui ang paningin ko.

Masyadong malakas ang sounds at masyado ring mahina ang boses ni Sensui para marinig pa sya ng mga kasama namin. Masyado syang malapit sakin kaya naman ako lang ang nakakarinig ng boses nya.

Pero batid kong nasa amin ang paningin ng mga kasama ko.. maging ng mga hindi ko kasama sa table na yun..

"Yayain mong sumayaw ang ex mo.. mukhang ikaw na lang ang hinihintay e.." ngingisi ngising sabi nya pa.

"Umalis ka na sa harap ko.."

"Tch! It's my birthday.. I can do whatever I want.."

"Edi ako na lang ang aalis.." sabi ko at saka tumayo.

"W-Wait.." pigil nya sakin. **"B-Binibiro ka lang e.."** sabi nya pa at saka ako marahang hinila paupo. Iniiwas ko ang paningin ko sa kanya at muling tumingin kila Naih pero nag-iiba na ang pakiramdam ko. **"Pero kung yayayain ka nya---sasayaw ka ba---"**

Natigilan sya nung malakas kong hablutin ang braso ko sa pagkakahawak sa kanya!

Gulat syang tumingin sakin at ipinakita ko naman sa kanya ang galit sa mga mata ko.

"Umalis ka na sa harapan ko.. kung ayaw mong masira ang party mo.." mariing usal ko at blangko naman ang mukhang tumitig sya sakin, at saka tumayo at naglakad palayo.

Huminga ako ng malalim at pinigilan ang emosyon ko..

Isang-isa na lang..

Isang isa na lang..

OceanofPDF.com

CHAPTER 144

DEIN'S POV

I really can't believe what I'm seeing..

Two broken hearts.. Or should I say four? Including my boyfriend and mine.. Psh.. Pathetic..

But this time I must say.. it's different..

The feeling is different..

But it's new..

Really new..

Ironic huh??

I'm looking at Deib right now and I can say..

Something's bothering him.. I may not know what it is, but I'm sure that there is..

Now I'm looking at Maxpein..

I don't need to ask.. she really doesn't talk that much, she's silent and cold.. She walks away from people and keep herself alone.. But right now? I can even feel her sadness even when she's just sitting..

At sa nakikita ko sa kanya ngayon?? Parang bumabalik sakin yung unang beses ko syang makilala.. Nung gabing yun mismo ng birthday ni Randall.. Nung gabing yun na sinaktan sya ni Randall sa mismong harapan ko..

And now I'm looking at Randall..

Tsk tsk.. He's watching them.. very busy watching them.. Mukha na nga syang tanga e..

At AKO???

Same with Randall.. Mukhang tanga kapapanood sa kanila..

Lumapit ang isang waitress sa gawi ko kaya naman hinarap ko sya at saka ako kumuha ng isang glass ng wine..

At saka ako lumapit kay Randall.

"Hi, Hon.." nakangiting bati ko pa sa kanya. Tumayo naman sya at ibinakod ang kamay sa bewang ko.

"Where have you been?" tanong nya pa.

"Outside.. nasusuffocate ako dito.. masyadong maraming tao.."

"What are you drinking?"

"White wine.."

"Baka maparami ha?"

"So??" natatawang tanong ko.

"May duty ka pa bukas.."

"Hahahaha.. I can wake up early, don't worry.."

"I know you can, pero baka sumakit ang ulo mo bukas.."

"Sa white wine?? Stop joking, hon.."

"Tsh.."

Maya maya pa ay napansin ko ang pagiging trying hard na sweet ni Kim kay Deib..

Tsk tsk tsk..

Napailing pa ako sa nakita ko..

Gusto kong tumawa ng malakas pero hindi dahil natutuwa ako..

I hate her.. a lot!

"Have you noticed something??" sarkastikong tanong ko pa kay Hon.

"What??" interesadong tanong naman nya.

"Kim's been hangin' around with Deib, I wonder what's up with them.."

"Hmm? I didn't notice that.."

"Maybe because you were too busy noticing *'others'*.."

"H-Hon.."

"Ahh yeah.. I don't know why I have this feeling that it's fine with me if you're watching Maxpein.."

"Watching Maxpein?!" inosenteng tanong nya pa.

"You know, Randall---I have eyes.." sarkastikong usal ko pa at saka inubos ang laman ng wine glass..

But I don't know why I'm not feeling jealous..

Promise..

Wala akong nararamdamang selos kahit na nakikita kong tumitingin si Randall kay Maxpein..

YOU KNOW ME..

When it comes to Maxpein, I'm a bitch..

I can slap her..

Shout at her..

Kick her..

But right now??
Sa nakikita ko..
I've no reasons to be worried..
She's no longer in love with him.. She's in love with my brother..
Parang may calming effect sakin ang naisip kong yun..
Kaya naman unconsciously..
I SMILED..
"What's funny?" biglang tanong ni Randall.
"Huh??" nakangiti paring tanong ko.
"You're smiling.. why??"
"Ahh.. may naisip lang.."
"What is it??"
"Nah.. don't mind me.." nakangiti pa ring sagot ko at saka muling tumingin kila Deib.
Parang kinukulit pa rin sya ni Kim. Its as if she's trying to make him laugh.. That's how it looks like..
"But she's annoying him.." nasabi ko na naman ng hindi ko alam kaya naman nilingon ako ni Randall pero hind na ako nagulat nung lingunin ko sya. **"Kim's annoying Deib.. she won't like it when he gets mad.."**
"Hmm?? Is she?" tanong pa ni Randall at saka nilingon sila Deib, at muling tumingin sakin. **"Tsh.. Wag mo na silang panoorin.."**
"Why not? Gusto ko e.." natatawa pa ring sagot ko.
Nasa ganoon kaming sitwasyon nung biglang tumugtog ng malakas ang sound system at kumanta na naman ang friend nila Maxpein na si Migz sa stage..
Amazing stage.. my type..
Now Playing: In a Rush by Blackstreet
♫ ♪ "It came over me in a rush.. When I realized that I love you so much.. That sometimes I cry, but I cant tell you why.. why I feel what I feel inside.." ♫ ♪
"I really like his voice.." nakangiting usal ko pa habang pinapanood si Migz.
"Me too.." tatangu-tangong sagot ni Randall.
♫ ♪ "It came over me in a rush.. When I realized that I love you so much.. That sometimes I cry, but I cant tell you why.. why I feel what I feel inside.." ♫ ♪

♫ ♪ ***"How I try to express what's been jugglin' my mind.. But still can't find the words.. But I know that something's got a hold of me.."*** ♫ ♪

Nawala sa kumakanta ang atensyon ko nung biglang humarang sa paningin ko si Kim at Deib na naghihilahan..

Tumatawa pang hinihila ni Kim si Deib papunta sa harap ng stage..

Parang bata..

Now this is interesting..

♫ ♪ ***"It came over me in a rush.. When I realized that I love you so much.. That sometimes I cry, but I cant tell you why.. why I feel what I feel inside.."*** ♫ ♪

Nasa ganoon akong posisyon nung bigla akong may maisip..

"Why don't you ask her to dance??" tanong ko pa kunwari munit nakila Deib ang paningin. Kita ko naman mula sa gilid ng paningin ko ang gulat na paglingon sakin ni Randall.

"W-Who??" utal pang tanong nya.

"Si Maxpein.."

"H-Huh?? Why??"

"Dahil gusto ko.." nakangiting sagot ko na nilingon pa sya. **"Go ahead.. I'll be watching you.."**

"H-Hon.."

"Don't worry.. I'm not jealous.. But I'll be honest with you.."

"H-Huh??" takang tanong pa nya.

"I wanna see you dance with Maxpein, then titignan ko kung anong magiging reaction ni Deib.."

"A-Are you out of your m-mind??"

"Do I look like I'm out of my mind??" sarkastiko pang tanong ko. **"Just do what I say.."**

"H-Hon.."

"I'm serious.."

"Pero---"

"Look.. Honey, this is not about you and Maxpein.. This is about Deib and Maxpein.. You're no longer in *'it'*.." makahulugan pang sabi ko habang nakangisi at mas lalo syang nagtaka kaya naman napapikit pa ako saka bumuntong-hininga. **"Don't worry about me okay?? Hindi kita aawayin pagkatapos---promise! I love you.."**

"Pero D-Dein---"

"Stop calling me, Dein! Ran--dall!!!"

"A-Ano bang nangyayari sayo?" kabadong tanong nya at ngumiti naman ako.

"I wanna know what's going on between Deib and Maxpein---"

"Then why don't you ask them?!" inis pang tanong nya.

"Because they won't talk.. Just do what I say.. then I can answer my own questions.."

"H-Hon.."

"If you're worried about me---kiss me after dancing with Pein, that would be perfect.."

"You're crazy.."

"About you.. yes! I really am.. Hahahaha! Ano ka ba! Wag ka ngang paranoid! Sinasabi ko na sayo.. hindi ako magseselos---kaya nga ako mismo ang nag-uutos sayo di ba?? Isayaw mo sya.. Gusto ko lang makita kung panong magrereact si Deib.. I'm sure he's just doing this because he's hurt.. maaaring may nagawa si Maxpein na ikinabaliw ng kapatid kong yan kaya naman kaninang umaga pa humihiyaw ang bitterness sa katawan nya.. So just go.. I'll wait for your kiss.."

"You're unbelievable.."

"Believe me, Hon.. I know what I'm doing.."

"And you're using me??"

"Because you're useful! Hahahahaha! And I love you for that.."

"Dein!"

"Randall!!! Sumunod ka na lang sakin---ano ba!"

"Tsk.."

"Just.. one.. dance.. And you're mine.."

"Pero---"

"Come on, Honey.. Just a favor?? Please??"

"Tsk.. You're making me angry.."

"But you still love me, hahahahaha!"

"Shut up.."

"I love you.. so dance with her.."

"Pero---"

"Aayy!! Wala ng pero pero! Dali!!!" sabi ko pa na itinulak sya!

Babalik balik pa sya pero tinutulak ko ulit sya..

I maybe crazy.. But this is what I wanna do.. I'm really curious.. but I assure you, I'm no longer jealous..

Siguro dahil.. nararamdaman ko at nakakasiguro akong..

Deib and Maxpein loves each other..

At ang katotohanang yun???

Ay ikasasaya ko..

Yung malaman at maramdaman ko lang na hindi na mahal ni Maxpein si Randall.. kalmado na ako..

Lilingon lingon pa sakin si Randall..

Pero sinesenyasan ko syang tumuloy..

Nung malapit na sya kay Maxpein ay kitang kita pa sa itsura nya ang paghinga ng malalim..

Natawa pa ako ng bahagya nung lingunin sya ni Maxpein na parang blangko pa ang mukha..

♫ ♪ ***"It came over me in a rush.. When I realized that I love you so much.. That sometimes I cry, but I cant tell you why.. why I feel what I feel inside.."*** ♫ ♪

Nagpatuloy sa pagkanta si Migz at ako naman ay nanonood lang sa kanila..

Nag-uusap pa sila Maxpein at Randall at bakas sa mga itsura nila ang pilitan..

Pero maya maya pa ay sumama rin sya..

RANDALL'S POV

Hindi ko maintindihan kung ano bang meron sa girlfriend ko at sya pa ang nagpumilit na isayaw ko si Maxpein!

Look.. Honey, this is not about you and Maxpein.. This is about Deib and Maxpein.. You're no longer in 'it'..

Anong ibig nyang sabihin??

Nakita ko si Deib at Kim na pumunta sa harap ng stage at saka nagsimulang sumayaw..

Naiintindihan ko ang point ni Dein pero parang may mali pa rin e!

Munit gayunpaman.. mukhang tangang pumayag pa rin ako..

"C-Can we dance??" alanganing tanong ko pa kay Maxpein at taka naman syang nilingon ako. Gulat ring napatingin sakin ang iba sa mga kasama nya, pero hindi ko na sila pinansin at itinuon ko ang atensyon ko sa kanya.

Blangko ang mukha nya at tinignan pa ang kamay kong inilahad sa kanya..

"E-Eh??" gulat na tanong nya.

"C-Can we dance??" pag-uulit ko at lumingon naman sya sa paligid bago muling tumingin sakin. **"D-Don't worry.. Just one dance.."**

"Pero nandito ang pamilya ko.." blangko pa rin ang emosyong tanong ko.

Bakit hindi ko naisip yun!

Inis akong napaisip!

Pero hindi na ako pwedeng magback-out.. Andami ng nakakitang nilapitan ko sya at niyayang sumayaw! Bahala na!

"D-Don't worry.. Nandito rin naman ang girlfriend ko.."

"Pero---"

"Pein.. n-nangangalay nako.." sabi ko pa kaya naman dali dali nyang tinanggap ang nakalahad kong kamay.

Para akong nakahinga ng maluwag!

Sa dami ng mga mata'ng nakatingin samin---MAPAPAHIYA TALAGA AKO KUNG HINDI NYA YUN TATANGGAPIN!

"Anong trip mo?" tanong nya pa habang inaalalayan ko sya papunta sa gitna.

"Trip ni Dein 'to.."

"H-Ha??" gulat na tanong nya at natawa naman ako.

"Hindi ko rin maintindihan.. don't ask me.."

Inalalayan ko sya hanggang sa makarating kami sa harap mismo ng stage.

Hinawakan ko sya sa bewang habang ang isang kamay nya ay nasa dibdib ko. Tipikal na posisyon ng nagsasayaw.

♫ ♪ ***"It came over me in a rush.. When I realized that I love you so much.. That sometimes I cry, but I cant tell you why.. why I feel what I feel inside.."*** ♫ ♪

"A-About the other day---"

"Forget it.." pigil nya sa sasabihin ko.

Napayuko naman ako at saka muling tumingin sa kanya, pero wala sakin ang paningin nya.

"M-May problema ba kayo ni Deib??" kabadong tanong ko pero hindi sya sumagot at nanatili syang nakatingin sa kung saan. **"D-Dahil ba d-don sa pag-uusap natin??"** tanong ko at don lang sya tumingin sakin.

"Sa dami ng araw.. Tss.." napangisi pa sya kunwari. **"Bakit ba naman nung araw na yun mo pa naisipang pumunta??"** halatang inis na tanong nya.

"N-Nung g-gabing pinuntahan mo k-kasi ako sa bahay.. h-hindi mo alam kung a-anong naging epekto nun sakin---magdamag kang laman ng isip ko.."

"Tigilan mo na Randall.."

I'm just telling the truth here..

"Alam mo ang dahilan ko kung bakit kita pinuntahan.. Alam mong nag-aalala ako sayo---syempre, tinulungan mo ko kila Yago.. Kaya nung niresbakan ka nila.. hindi naman pwedeng tumunganga nalang ako? Syempre.. mag-aalala pa rin ako sayo.."

"Thank you.."

"Pero hindi ko inaasahang mamasamain mo yun.."

"H-Hindi ko naman minamasama---"

"Hindi literal na minasama.." pigil nya sakin at saka ako tinignan ng deretso sa mga mata ko kaya naman bahagya pa akong napailag ng bahagya. **"Hindi ko akalaing bibigyan mo yun ng ibang kahulugan.."**

"S-Sorry.." dispensa ko at hindi naman sya tumugon at muling may tumingin sa kung saan kaya naman hindi ko na napigilan ang sarili kong lingunin kung ano mang tinitignan nya.

SI DEIB!

At Kim, syempre..

Sumasayaw lang sila pero hindi naman masyadong sweet para sakin ang dating nila..

Ewan ko lang kay Pein..

Muli akong tumingin sa kanya munit nasa kanila pa rin ang paningin nya..

"N-Nag-away ba kayo?" tanong ko. Hindi naman sya sumagot kaya naman napalunok pa ako. **"M-May kinalaman ba yun sa p-pagkikita natin nung n-nakaraan??"** dagdag ko pero hindi sya sumagot.

But this time.. yumuko sya ng bahagya at nakita ko ang lungkot sa mukha nya..

Parang dinurog ang puso ko sa emosyo'ng yun sa mukha nya..

Rinig na rinig ko ang buntong-hininga nya..

"I-I'm sorry.. P-Pakiramdam ko kasi.. m-may kinalaman yun don kaya.. sorry.. H-Hindi ko sinasadya.."

"Nangyari na e.."

So, dahil nga doon...

Stupid!

Nakaramdam ako ng guilt!

Sa nakikita ko ngayon kay Maxpein ay malungkot talaga sya..

Mas malungkot pa sya ngayon kesa nung gabing iwan ko sya..

Parang nararamdaman ko tuloy ang sakit na nararamdaman nya!

Pero ang hindi ko maintindihan..

A-Anong ginagawa ni Deib kay Kim?!

Kung pagbabasehan ko ang mga sinabi ni Dein..

May point sya..

Mukhang pinagseselos nga ni Deib si Maxpein..

Pero hindi sya basta basta nagseselos, Deib.. Tsk tsk..

Tumingin ako ng deretso kay Maxpein at saka kunwaring ngumiti sa kanya..

"A-Are you jealous??" natatawa pa kunwaring tanong ko.

"With Kim??"

"Mmm.."

"Tss.."

I knew it..

"He's trying to make you jealous.." natatawang sabi ko pa.

"I know.."

"Then, bakit wala kang ginagawa??"

"Tss.. Anong gagawin ko?"

"Try to steal him?"

"Why would I do that?"

"Because he's yours.." usal ko at natawa naman sya.

"If he's mine.. I don't think I have to steal him.."

Oo nga naman.. wag kang tanga..

♫ ♪ "Baby, some day I'll find a way to say.. just what you mean to me.. But if that day never comes along and you don't hear this song.. I guess you'll never know that... " ♫ ♪

♫ ♪ "It came over me in a rush.. When I realized that I love you so much.. That sometimes I cry, but I cant tell you why.. why I feel what I feel inside.." ♫ ♪

"Y-Yung mga sinabi mo.. h-hindi mawala sa isip ko.." muling usal ko at tumingin naman sya sa mga mata ko. **"P-Pano mo nasabing g-guilt na lang ang nararamdaman ko??"**

"Dahil yun naman talaga ang nararamdaman mo.."

"P-Pano mo naman nalaman??"

"Dahil kusang lumalabas sayo.." sarkastikong sagot nya.

Tsh.. She's really annoying.. Napakahirap nyang kausapin ng maayos! Yung hindi ka sasagotin ng pabalang!

♫ ♪ ***"And when I say inside, I mean deep.. You fill my soul with something I cannot explain.. What's over me.. It came over me in a rush.. When I realized that I love you so much.. That sometimes I cry, but I cant tell you why.. why I feel what I feel inside.."*** ♫ ♪

Natapos ang kanta..

"Thank you.. at p-pasensya na sa abala.." mahinang sabi ko pa sa kanya at saka ko sya inalalayan pabalik sana pero..

Sabay kaming napahinto ni Maxpein sa paglalakad ng dahil sa nakita namin!

This is too much..

He's being too much!

HINALIKAN NI DEIB SI KIM!

Sa harap mismo namin!

Kung saan iisang dipa ang layo nya samin!

This is crazy!

"P-Pein, let's go---" yaya ko sa kanya munit natigilan ako nung iharang nya ang mga kamay nya sa mismong harap ko!

Nananatiling nakila Deib at Kim ang mga mata nya at titig na titig sya sa mga ito habang blangko ang emosyon sa mukha nya!

Gusto ko syang hilahin at yakapin para wala na syang makita!

Pero hindi ko yun pwedeng gawin ngayon! Masyadong kumplikado!

"P-Pein, let's go.." yaya ko pa ulit pero nananatiling nasa kanila ang paningin nya..

Titig na titig sya sa kanila munit wala kang makikitang ekpresyon sa mukha nya!

"P-Pein---" hindi ko na naituloy dahil kusa syang tumalikod sakin at naglakad sa kabilang way, papunta malapit sa pool.

NAIH'S POV

NAGING MABILIS ANG MGA PANGYAYARI!

Biglang nagbago ang ihip ng hangin nung maagaw ng PAGHAHALIKAN ng Kim at Deib ang atensyon ng lahat!

"W-What the heck!?" dinig kong sigaw pa ni Tob pero hindi ko sya magawang lingunin dahil kahit ako ay hindi makapaniwala sa nakikita ko!

"I can't believe he's doing this.." bulong rin ni Lee.

"Jusko po.. A-Anong nangyayari??" si BJ. **"Bakit kaya ginagawa ni Deib 'to??"**

Dali dali akong napatingin kay Max!

Katabi nya si Randall at kasalukuyan rin syang nakatingin kila Deib!

Sobrang lapit ni Max kay Deib kaya naman sasampalin ko ngayon ang magsasabing imposibleng mapansin nya ang ginagawa nila Deib at Kim!

"Anong katarantaduhan 'to Sensui..??" wala sa sariling bulong ko.

Napatitig ako kay Max at pakiramdam ko ay ako ang maluluha sa kanya!

Walang emosyon ang mukha nya at alam ko na ang ibig sabihin nito!

Nasasaktan sya!

Inis akong tumayo! Munit bago pa man ako magsimulang maglakad ay nakita ko ng tumalikod si Max! Munit mukhang sa kabilang way sya dadaan, kung saan makakaiwas syang madaanan sila Deib at Kim! Kaya naman don na ako naglakad..

"Max!" tawag ko pa sa kanya pero hindi nya ako narinig..

Kaya naman mas binilisan ko pang maglakad!

~SPPPLLLLAAAAAASSSSHHHHH!!!~

NAHULOG SA POOL SI MAX!!!

Mabilis akong tumakbo papalapit sa pool!

"M-Maaaaax! A-Ano ka ba!!" sigaw ko pa na pilit inaabot ang kamay nya! **"Max! Kumapit ka sakin!"**

"Oh my God.."

"What's happening?!"

"Psh! What do you expect!? Ayan na naman ang mga basura!"

"The Taguro Brothers are doing it again!"

"No.. I saw what happened! Tinulak ni Aimee si Taguro!"

"For real?!"

"Yes!"

Sa bulungang narinig ko ay parang ipo-ipo'ng nahila ko si Max ng mabilis paakyat muli sa side ng pool at saka mabilis na hinanap ng mga mata ko ang demonyitang si Aimee!!!!!

Nung makita ko sya na bubungibungisngis mula sa tagiliran ko ay mabilis kong hinila ang buhok nya!

"A-Ah!!! Ahhh!!! A-Ano ba! B-Bitiwan mo ko!!!!" sigaw pa ni Aimee!

"Demonyita ka talaga!!!! Bakit mo tinulak si Max!"

"B-Bitiwan mo ko!"

"Bakit mo sya tinulak!"

"S-Sinabi ng b-bitiwan mo ko---masaket!!!"

"Mas masasaktan ka pa kapag hindi mo ko sinagot---bakit mo sya tinulak!!!!"

"Dahil gusto ko!"

"Ahh ganon!? Ngayon ka magmakaawang bitiwan kita!" sigaw ko at mas hinigpitan ang pagkakasabunot sa buhok nya at nagpumiglas naman sya munit hindi nya ako maabot!

"S-Stop it!"

"Magmakaawa kaaaa!!!!!!!"

"B-Bitiwan mo ko---basura ka!!!! Bitiwan mo k-kooooo-----Ugh!!!"

~BLAAAGG!!!~

~SPPPLLLLAAAAAASSSSHHHHH!!!~

SINIPA KO SYA!

Dahilan para mapatihulog sya sa pool! Habol habol ang hiningang tinignan ko pa rin si Aimee! Gigil na gigil ako sa kanya!

"Sa susunod.." huminga ako ng malalim. **"Ako ang harapin mo.. naiintindihan mo?!"** duro ko kay Aimee at galit na galit naman syang sinamaan ako ng tingin! **"At sa susunod---hindi lang yan ang aabutin mo!"** malakas na sigaw ko sa kanya at saka humarap kay Max! **"Tara! Uuwi na tayo!!"** sigaw ko pa!

"You.." si Dein! Hindi ko napansin ang paglapit na ginawa nya samin kaya naman natigilan ako sa kanya! Si Aimee ang tinuro nya! **"Umahon ka dyan---bilisan mo.."** mukhang galit pang utos ni Dein kaya naman si Aimee'ng demonyita ay dali daling umahon nga sa tubig! Tinulungan pa sya ni Abby na hindi ko man lang rin napansing nakalapit na pala!

Nung makaahon si Aimee ay..

~PAAAAAAAK!!!!~

SINAMPAL NI DEIN SI AIMEE!!!! MALAKAS NA MALAKAS NA SAMPAL!

Hardcore..

Sabay pa kami ni Max na napatingin sa kanya!

Sa sobrang lakas ay halos mamuntikan pang mahulog muli si Aimee sa pool munit mabilis rin syang naalalayan ni Abby!

"A-Ate Dein---"

"Wag mo kong ma-Ate Ate dito! I don't know you!" sigaw ni Dein sa kanya!

"A-Anong ginawa mo!?" dinig kong sigaw ni Sensui!

Gulat pa akong napalingon sa harapan nung biglang pagharap ko ay pasugod na sya! Pakiramdam ko ay parang sinilaban ang tenga bigla! Nagpanting ang tenga ko sa tanong nya!!!

Kaya naman nung makalapit sya sakin ay nginisian ko lang sya at saka..

~PAAAAAK!!!!~

SINAPAK KO SYA!

"Yan! Yan ang ginawa ko!" sigaw ko sa kanya! **"Happy birthday, ha?! Happy---Happy Birthday!!!"** madiing sigaw ko pa sa kanya at saka hinila si Maxpein na wala ng kibo!

"N-Naih! Naih!" habol sakin ni Deib kaya naman nanggagalaiting nilingon ko sya!

"Waaag kang lumapit saken!!!" sigaw ko at natigilan sya! Bakas sa mukha nya ang pagkagulat at pagkalito! Natigilan sya at gulat na tumingin sakin!

Nagsisimula ng maglapitan samin ang tao munit hindi na mapigilan ang galit ko!

Mamatay na ang napapahiya!!

"Gago ka?!" madiin at galit na sigaw ko kay Deib na may kasamang panduduro pa! "**Yung ginawa mo kanina---mapapalampas ko pa, pero eto!? Alam mo namang kagagaling lang sa lagnat nito---dahil sa sobrang kahibangan mo!!"** sigaw ko pa sa kanya na itinuro si Max! **"Tapos ngayon, ako pa ang tatanongin mo kung anong ginawa ko----hindi mo muna inalam kung ginawa ng buwisita mo sa kaibigan ko?! Ha?! Sensui!?!"**

"H-Hindi ko nakita!!!"

"Kasi nga---tanga ka!!!!" sigaw ko pa sa kanya! **"Hindi mo nakita---kasi tanga ka! Tatanga tanga ka! At sobrang tanga mo!!!!"** gigil na gigil na sigaw ko at saka muling dinuro sya! **"Wag ka ng lalapit kay Maxpein---naiintindihan mo!!"**

"N-Naih---"

"Naiintindihan mo????!!!!" sigaw na pigil ko pa sa kanya!

"M-Max.." nagsusumamong tawag pa ni Deib kay Max pero inilayo ko si Max!

"Wag na wag ka ng lalapit sabe!!!!" sigaw ko pa sa kanya at saka hinila si Max! **"Tara na!"**

Sobrang galit ang nararamdaman ko! Sobrang bilis ng pangyayari! Sa sobrang dami at bilis ng mga pangyayari---nananakit ang sintido ko sa

sobrang galit!

Imagine?!

Nagsasayaw lang sila---biglang naghahalikan na?! Ang masama don, sa harap pa ni Maxpein! Tapos papalapit pa lang ako---nasa swimming pool na si Max?!

King ina---sinong matutuwa!! Kung sinong natutuwa---lumapit sakin ngayon, duduraan ko!!

"Wag ka ng lalapit sa Deib na yun---kung hindi---tablado ka na!" sigaw ko pa kay Maxpein habang hila hila ko sya!

Nilampasan ko lahat ng tao'ng makasalubong namin!

"N-Naih.." dinig kong tawag ni Lee pero hindi ko sya pinansin! **"Deib!"** dinig kong sigaw nya pa kay Deib pero mas hindi ko na yun pinansin!

Nakatayo ang lahat ng tao nung marating namin ang mga tables!

Lahat ng paningin nila ay nasa amin ni Max! Pero hindi ko pinansin maski isa!

Nagderederetso lang ako sa paglalakad habang hila hila ko parin si Max!

At nung matapat kami sa table namin kanina ay nakatayo na si Ate at Maxwell at sinalubong kami!

"Uuwi na tayo!" sigaw ko pa kay Maxwell at kusa syang naglakad papasunod samin!

Sobrang galit ang nararamdaman ko!

Pakiramdam ko bawat hakbang ko ay masisira ko ang bermudang yun na nilalakaran ko!

Nung makarating kami sa kotse ni Maxwell ay andami pa ring nakasunod samin, at kasama na dun si Sensui! Pero hindi ko na sya pinansin at mabilis kong itinulak pasakay si Max sa likuran ng kotse at saka ako naupo sa tabi nya!

Mabilis namang sumakay sina Ate at Maxwell sa harapan!

"Umuwi na tayo! Bilis!" sigaw ko pa kay Maxwell na mabilis namang sumunod!

Habang nasa byahe ay hindi man lang humupa ang galit na nararamdaman ko!

Gusto kong magwala!

Gusto kong manapak ng manapak!

Hindi man sakin nangyari pero yung nakita ko sa mukha ni Max?!

Hindi ko matanggap!

Nasasaktan rin ako para sa kanya!

"A-Ano bang nangyari??" alanganing tanong pa ni Maxwell pero hindi ko sya sinagot.

"M-Mamaya na lang s-siguro natin pag-usapan.." sabat ni Ate.

"M-Maxpein.. are you okay??" bahid ang pag-aalalang tanong pa ni Maxwell na nakatingin kay Max sa rear mirror!

Pero nung lingunin ko si Max ay nakatingin lang sya sa labas at tulala!

Pakineng shet! Pakyu ka Deib! Pakyu ka ng mahigit isang daan!!!! Raratratin kita ng kapakyuhan!!

Gusto kong maluha sa galit!

Gusto kong umiyak sa sobrang galit!

Yung emosyon at tensyon ay naghalu-halo sa dibdib ko!

"I can't believe this.." dinig ko pang bulong ni Ate. **"A-Ang gulo gulo.."**

Hindi rin ako makapaniwalang magagawa ni Deib yun..

Bakit nya hinalikan si Kim?!

Siraulo ka! Sa harap pa ni Maxpein! Sumusobra ka na!!

Gulat akong napalingon kay Max!

"M-Max..." mahinang tawag ko pa sa kanya pero mas nagulat pa ako sa sunod na ikinilos nya!

Gamit ang thumb nya ay nagpaulit-ulit syang pinunasan ang mga luha sa mga mata nya na parang batang umiiyak!

Doon ko na hindi napigilan ang sarili kong mapaiyak rin at mapayakap sa kanya.

"S-Sorry.." naiusal ko pa. **"S-Sana h-hindi na lang kita pinilit na sumama.."** bulong ko pa.

Kusa akong umalis sa pagkakayakap ko sa kanya nung marinig kong suminghap sya ng malalim na hininga..

At saka iiling-iling na ngumiti pa kunwari..

"I-I'm starting to hate b-birthdays.." animong natatawa pang sabi nya at saka muling tumingin sa bintana at doon na naman tumulala..

Kasalanan ko 'to e! Sana hindi ko na lang sya pinilit pumunta!

Anong klaseng kaibigan ako!!! Huhuh..

Hindi na kami nagkibuan pa munit ramdam na ramdam ko ang sobrang lungkot sa loob ng kotse'ng yun!

DEIB'S POV

"Damn it!!!" malakas na sigaw ko!

"A-Ano ba kasing nangyari?!" si Mommy! Pero hindi ko sya pinansin at gigil na gigil akong hinarap si Kim!

Hindi ako kumibo at sinamaan ko lang ng tingin si Kim!

Gusto ko syang sapakin!

Kung wala lang si Mommy dito ngayon, SINAPAK ko na sya!

Yung mas malakas pa sa sapak sakin ni Parrot kanina!

Nasa loob na kami ng bahay at kaming tatlo lang nila Mommy ang nandito. Abala ang lahat sa paghingi ng paumanhin sa mga bisita habang inihahatid sila'ng isa-isa palabas ng bahay!

Natigil ang party dahil sa nangyari!

Gusto kong sipain sa galit si Kim! Nanginginig ang mga kamay ko at iniiwasan kong humawak ng ano mang bagay ngayon dahil kapag lumapat yun sa kamay ko pakiramdam ko agad ko yung maibabato!

"D-Deib, p-please calm down and tell me what happened??" nag-aalalang tanong ni Mom, pero hindi ko pa rin sya sinagot at nanatili akong paikot ikot sa harap nilang dalawa ni Kim!

Nakayuko lang si Kim at umiiyak!

Bawat hikbi nya ay nagiging matinding ingay sa tenga ko kaya lalo akong nakakaramdam ng inis!

"H-Huhuhuhu---"

"Will you please stop crying!!!!" sigaw ko kay Kim at natigilan sya! Gulat syang tumingin sakin at pinipigilan ang mga hikbi nya!

"D-Deib! Ano ba! Wag mo syang ganyanin!" sigaw naman sakin ni Mommy pero nanatili akong nakatingin kay Kim!

Pero hindi ko na mapigilan ang sarili ko at gusto ko syang kumprontahin!

"Sinabi ko bang halikan mo ko?!" gigil na tanong ko kay Kim at nanlaki ang mga mata nya! **"Sabihin mo sakin----may sinabi ba akong halikan mo ko!!!!!!"**

"W-Wala! W-Wala!!" takot na takot na sagot nya!

"Kung ganon---bakit mo ko hinalikan!?"

"D-Deib---"

"Why the hell did you do that!" sigaw ko kay Kim! **"W-Why the hell did you do that!!!!"** malakas ko pang ulit!

"S-Sorry D-Deib---" natigil sya nung bigla ko syang hinahin sa mismong neckline ng dress nya! **"D-Deib you're h-hurting me.."** nauutal at takot pang usal nya!

"Masasaktan ka talaga!! Dahil yung ginawa mo----hindi ko nagustohan!!

"Y-You k-kissed me too!!!!"

"That's bullshit!!!!" malakas na sigaw ko!

"What the hell is going on with you!!!"

Sabay sabay kaming napalingon sa likuran at ayon ang mabilis na pagpasok ni Noona kasunod si Randall!

~PAAAAAK!!~

MALAKAS NA SINAMPAL AKO NI NOONA!

"D-Dein!!!" sigaw sa kanya ni Mommy!

Nananatiling nakaanggulo ang mukha ko sa tagiliran dahil sa lakas ng pagkakasampal sakin ni Noona!

"You deserve that!" malakas na sigaw pa sakin ni Noona kaya naman dahan dahan kong nilingon sya pero hindi ako makatingin sa mga mata nya! Napahawak pa ako sa kaliwang pisngi ko dahil parang namanhid yun sa sobrang lakas ng pagkakasampal nya. **"Deib---what is going on with you?!"** galit pang tanong nya! **"Sabihin mo sakin---anong nangyayari sayo!!!"** malakas na sigaw nya!

"A-Ano bang pakialam mo!!!" sigaw ko sa kanya at umasta syang sasampalin ulit ako munit pinigilan sya ni Randall! **"Ikaw??!! Sabihin mo sakin---anong ikinagaganyan mo!? Ha?! Tch! Ang inaasahan ko ay mas ikatutuwa mo pa yung nangyari---"**

"Shut up!!! What you did there is too much, Deib!!! Tooooo muuuccchhh!" malakas pang sigaw nya sa mismong mukha ko at napabuntong-hininga naman ako sa pagpipigil ng galit ko! **"At ikaw?!"** duro nya kay Kim! **"Nababaliw ka na ba talaga?! Ganyan ka ba kadesperada!?! Alam mo ng may girlfriend na si Deib---dumikit ka pa?! Wala ka na ba talagang ibang makuha!?"**

"D-Dein!" sigaw ni Mommy sa kanya kaya naman napalayo si Noona at napabuntong-hininga rin! **"A-Ano ba ang nangyayari! Pwede bang sabihin nyo sakin ngayon! Ano ang nangyayari!"**

"Si Maxpein lang naman ang girlfriend ng baby nyo, Mom.. Pero ang hindi ko maintindihan kung bakit itong babae'ng 'to ang kasama nya ngayon at ginaganon nya si Maxpein! Ano ba ang nangyayari sayo!" sigaw na naman sakin ni Noona! **"Kung may problema kayong dalawa---ayusin nyo! Hindi yung ganyang para kang sanay na sanay sa relasyon at basta ka na lang hihila ng babae dahil nasasaktan ka!"**

"Ano bang alam mo!?" inis na sigaw ko kay Noona! **"Kung umasta ka ngayon parang suportado mo yung pakikipagrelasyon ko ah?! E kahit naman si Taguro o si Kim ang syotain ko---hindi pwede sayo pareho!!!"** sigaw ko sa kanya! **"Tinatanong mo ko kung anong nangyari samin!? Oo nagbreak kami?! May problema ka?! Dinala ko dito si Kim at gusto kong saktan si Taguro dahil sinaktan nya ako! Anong pakialam mo?! Kailan ka pa nagkaron ng pakialam kay Taguro----!!!!!"**

~PAAAAAAK!!!!~

SINAMPAL NYA ULIT AKO!

"Dein Leigh!!!" sigaw ni Mommy! **"Tigilan mo ang pananampal sa kapatid mo! Mag-usap usap tayo ng maayos!"**

"Ang kapal ng mukha mong manumbat ng ganyan sa harap ko?! Oo! Aaminin ko---hindi mo rin ako maintindihan! Pero sapat na ba yan para manakit ka ng tao?!" sigaw nya at napatawa naman ako kunwari!

"Wow, Noona.. Look who's talking??" sarkastikong tanong ko sa kanya!

"Sige.. isa-isahin mo ngayon sa harap ko at ipapaliwanag ko para mabuksan yang utak mo!!" sigaw sakin ni Noona na nanlilisik ang mga mata! **"Nag-away kayo ni Maxpein?! Bakit?! Dahil kay Randall!?"** galit na tanong nya at natigilan ako. Naiiwas ko pa sa kanya ang paningin ko. **"Oh tapos?! Hinila mo si Kim---para masaktan mo rin si Maxpein?? Ganon ba?! Ang talino mo! Grabe! Soooobrang talino mo!"**

"O sige! Sabihin na nating katangahan nga yung ginawa ko!? E ano ngang pakialam mo!? Hindi ba't hindi ka rin naman boto kay Maxpein?!"

"Dahil sobra ang ginawa mo, Deib----sobra sobra!" sigaw nya at natigilan ako! **"Pahiyang pahiya si Maxpein sa ginawa mo! Kailangan ba talagang ipakita mo pa sa kanilang si Kim ang kasama mo at iwan mong puro tanong ang isip ng mga nakakakita sa inyo?! Nandoon ang pamilya nya at ang pamilya mo! Halos lahat ng nandoon ay kilala ang pamilya nya at ng pamilya mo! Halos lahat ng bisita mo ay galing sa school nyo at kilalang kilala kayo! Hindi ba pwedeng isangtabi mo kahit ilang oras yang nararamdaman mo at wag mong ipahiya yung tao tulad ng ginawa mo dahil kahit papano may pinagsamahan rin naman kayo!!"**

"Aahh.. Pero yung ginawa ni Randall noon kay Taguro---okay lang?!" sarkastikong tanong ko at natigilan sya.

"D-Deib.." sabat ni Randall.

"Wag kang sumabat dito---usapang pamilya 'to!" sigaw ko kay Randall at saka muling hinarap si Noona!

"Hindi porket sinaktan ko yung tao noon---sasaktan mo rin ngayon!" sigaw sakin ni Randall!

"Bakit?! Sa tingin mo---ginawa ko 'to dahil trip ko lang?! Wag kang bobo, Randall!"

"Tsh! O sige.. Ano?! Dahil nasaktan ka?! Dahil nagselos ka?! Para sa maliit na bagay sinaktan mo sya ng ganon?! Patas ba yon!?!"

"Hindi.." walang emosyong sagot ko. Nananatili akong nakalingon lamang sa kanya at nakaharap kay Noona. **"Hindi patas yon---at kahit kailan hindi magiging patas.. Pero yung maliit na bagay sayo.. Sayo lang yon.. iba ang epekto sakin non! Selos lang?! Tch! Selos lang.."** natatawa pa kunwaring sabi ko. **"Hindi mo alam kung anong naramdaman ko don!"** pigil ang luha'ng sigaw ko pa!

"Bakit?! Yung kanya ba..??? Yung naramdaman ba ni Maxpein---alam mo?!" sigaw nya at hindi naman ako nakasagot! **"Naiintindihan kong nasasaktan ka dahil naranasan ko na rin namang masaktan! Kung iniisip mong hindi ako nasaktan nung ginawa ko yun noon---nagkakamali ka dahil kung merong unang masasaktan don---ako yon! Dahil sinakripisyo ko rin yung sarili kong nararamdaman---sinadya ko pang saktan yung taong mahal ko! Pero yang mga dahilan mo---hindi sapat yan para ganonin mo sya!"** sigaw nya pa!

"Bakit?! Ako ba ang tumulak sa kanya?! Ako ba ang nagtulak sa kanya sa pool?!"

"Pero kung hindi mo sinimulan---hindi aabot don! Bakit kailangang umabot sa ganon!? Kailangan mo ba talagang ipamukha sa ibang tao na sinusuyo ka ni Maxpein pero iba ang sinasamahan mo?! Kaya sya ginanon nung mga bully'ng yun dahil alam nilang wala ng Deib na magliligtas kay Maxpein! Nasaktan ko sya noon pero hindi ako umabot dyan sa ganyang ginawa mo!"

Nakaramdam ako nang inis..

Kaya naman napapikit ako at saka huminga ng malalim.. Muli akong humarap sa kanya ng may blangko ang mukha..

"Timbangan na ba tayo ngayon ng pananakit na ginawa??" sarkastikong tanong ko. **"Wag mong pagkumparahin yung mga nagawa natin dahil ako.. nakipagbreak ako sa kanya bago ko gawin 'to! E ikaw?!"** sarkastikong tanong ko. **"Hindi ba't nakipagbreak ka sa kanya sa harap ng maraming tao?! Ipinahiya mo rin sya tulad ng ginawa ko! Pero ang pinagkaiba natin, yung iyo--planado! Yung sakin, aksidenteng nangyare!!!"**

"Hindi yun yon Deib e.." malumanay na sabi nya munit bakas ang pagtitimpi sa mukha nya. **"Hindi yun ang point ko.. Hindi ko kailanman tinimbang ang nagawa ko sa nagawa mo! Dahil hindi ako ganon kaisip-bata! Alam mo naman yung nagawa ko noon di ba?! At wala kang ideya kung gaano kong pinagsisihan yon! Ang sakin lang---alam mo'ng nasaktan ko na sya noon, kaya sana hindi mo na inulit pa ngayon!"**

"Ha! Ahh.. Kaya ang inaasahan mo ay iintindihin ko na lang lahat?! Na titiisin ko lahat ng sakit---dahil sinaktan mo sya noon kaya naman hindi ko syang pwedeng saktan ngayon!? Anong akala mo sakin?! Sangkalan?! Na kahit tadtarin mo ng kutsilyo hindi umiimek!? Gago ka ba?!"

"Mas gago ka dahil ikaw ang mahal nya pero ginaganyan mo sya!! Sating dalawa---mas gago ka!!!"

Hindi ako nakapagsalita!

Tumingin ako sa kanya at pilit kong hindi ipinakita ang pagkagulat ko sa kanya!

Sunod sunod ang naging paglunok ko!

"A-Anong ibig s-sabihin nito??" si Mom.

Natigilan kaming tatlo!

Parepareho kaming napayuko at hindi makatingin kay Mommy!

Dahan dahan namang naglakad si Mommy papalapit sa amin at saka pumagitna..

"R-Randall and M-Maxi??" hindi makapaniwalang tanong nya pa pero wala pa ring sumagot! **"K-Kaya pala laking g-gulat ko na lang kung bakit.. b-bakit kung mag-usap kayo ay parang k-kilalang kilala nyo ang i-isa't isa tapos---"**

"Mag- ex po sila.."

SABAY SABAY KAMING NAPALINGON KAY KIM!

WTF??

"Sinabi ko bang umepal ka?!" galit na tanong sa kanya ni Noona!

"A-Ate Dein---"

"Sinabi ng wag mo kong tawaging Ate dahil hindi kita kamag-anak!!!! Uweee!!!"

"A-Ate---"

"Uweeee!!" sigaw pa ni Ate at napapahiyang tumingin naman sakin si Kim.

"Umuwi ka na.. Hindi na kita kailangan.." malamig ang pagkakasabi ko at humahagulgol namang tumalikod sya.

At doon naman nagtama ang paningin namin ni Mommy!

Demmit!

Bakas ang disappointment sa mukha nya..

S-Sorry Mom..

"I'm trying to u-understand but I'm still c-confused.." bulong pa ni Mommy kaya mas lalo akong napailing. **"K-Kaya pala.. K-Kaya pala sa twing magkakaharap kayong apat ay parang pating may tensyon sa pagitan nyong l-lahat.."** hindi makapaniwalang usal pa ni Mommy. **"K-Kaya pala sa t-twing si Maxi na ang t-topic.. p-pareho kayong nawawalan ng imik??"** tanong nya pa kay Noona at Randall. **"A-At sa twing si R-Randall na ang nababanggit.. n-nawawala ka na rin sa wisyo??"** baling naman sakin ni Mom!

Napabuntong-hininga ako at saka ako humarap sa kanya.

"M-Mom, let me explain---"

"No, Deib.. You don't have to explain.. I-I'll try to understand.." kitang kita ko ang sinseridad sa mga mata ni Mom. Dahan dahang nangilid ang mga luha sa mga mata na. **"But that girl.. she doesn't deserve this.. she doesn't deserve to be hurt like this.."**

Napayuko ako sa sinabing yun ni Mommy at ramdam na ramdam ko ang pangingilid sa mga mata ko.

Demmit!

"But this time.. I-Ikaw ang mali, Deib.." mahinang usal ni Mommy at napadiin ang pagkakapit ko at saka huminga ng malalim. **"A-Alam kong mahal mo si Maxi.. Kahit ano pang dahilan ang meron ka.. hindi mo dapat suklian ng pananakit ang nagawa nya.. Anak.. Babae yon, lalaki ka.. H-Hindi mo sya dapat saktan ng ganon.."**

"M-Mommy.." naiusal ko pero hinawakan nya ang pisngi ko.

"K-Kasi sa nakikita ko??" patanong nyang tugon. **"M-Mas masasaktan ka kapag.. k-kapag nawala sya.."**

Hindi ko maintindihan kung bakit sumobra naman sa bilis ang tibok ng puso ko!

Hinding hindi na normal ang nararamdaman ko!

Kinabahan ako ng matindi!

Lalong lalo na at hindi ko inaasahang kay Mommy pa manggagaling ito!

"Mahal ka ni Maxpein, Deib.." sabat na naman ni Randall kaya nabwisit na naman ako at inis na nilingon sya!

Ramdam na ramdam ko ang pagsasalubong ng mga kilay sa mukha ko!

"At sino ka naman para paniwalaan ko?!" inis na tanong ko.

"Hindi mo pa sya gaanong kilala, Deib.." malumanay na sabi nya pa.

"Edi ikaw na ang magaling---kilalang kilala mo sya e!" sigaw ko sa kanya!

"We're opening your mind here, Deib.. Kasi masyadong sarado yang isip mo! Kaya wag kang magmatigas! Wag mo ng ulitin yung ginawa ko!" sigaw nya pa sakin kaya naman binigyan ko sya ng nakakalokong tingin!

"Bakit ko susundin ang isang manlolokong tulad mo?? Mahal mo rin si Maxpein noon pero iniwan mo sya at ipinagpalit sa kapatid ko---anong karapatan mong pagsalitaan ako ngayon ng ganito!!!" biglang sigaw ko sa kanya!

"Maaaring wala akong karapatang pagsabihan ka---dahil may ginawa rin akong mali sa kanya noon.. Pero hindi ko sinasabi 'to para sitahin ang pagkakamali mo! Sinasabi ko 'to para mabuksan yang isip mo at *'wag'* mo ng ulitin yung pagkakamaling nagawa ko!"

"He's right.." sabat naman ni Noona kaya naman inis akong nilingon sya. **"May idea ka na kung anong nangyari sa nakaraan nya.. kaya sana wag mo ng ulitin---lalo pa't malaki ang naging epekto nun sa pagkatao nya.."** malumanay na sambit pa ni Noona munit hindi ko sya sinagot. **"Galit ako sa kanya, pero hindi ibig sabihin nun ay hindi na mawawala ang galit ko, di ba?? I'll be honest with you.. Kaya ako ganito ngayon.. kasi confident na akong sabihin na naka-move on na sya.. Yun lang naman ang hinihintay ko e.. Aminado rin akong may pagkakamali ako sa kanya at ni minsan ay hindi ko nagawang mag-sorry sa kanya.. Pero ano man Deib ang meron sa aming lahat.. Wag mo namang sanang silipin yung mga pagkakamali namin at gawin mong dahilan para magmukhang tama yung mali'ng nagawa mo??"**

Hindi ako nakasagot!

Pakiramdam ko ay nilulubog nila ako unti-unti sa kinatatayuan ko!

Naiintindihan ko laha ng sinasabi nila!

Tumatagos rin yun sa puso ko!

Pero ang hindi ko maintindihan..

Bakit nagmamatigas pa rin ako?!

Bakit kahit na anong sabihin nila ay hindi ko pa rin maramdaman yung pagkakamali ko?!

Nagsisisi ako--*OO!*

Nasasaktan pa rin ako--*OO!*

Pero may kulang sa mga naririnig ko!

May hinahanap akong kulang!

May gusto akong marinig na kulang!

At hindi ko sa kanila maririnig yun..

"If I were you.. I'll talk to her.. and say sorry.. That's all she needs right now.. for you to say sorry.." dagdag pa ni Noona.

"Sa nangyari kanina.. sa tingin mo, yan ang kailangan nya ngayon??" sarkastikong tanong ko.

"D-Deib! Please!!" pigil ang inis na sigaw nya na naman! **"Please, wag ka namang ganitong katigas! Ano bang nangyayari sayo---bakit ka nagkakaganyan!"**

"Kasi.. yung nararamdaman nya lang ang nakikita nyo.. Pero yung nararamdaman ko??" nakangiti pang tanong ko. **"Parang hangin lang na dumadaan daan sa inyo.. Tch!"**

"D-Deib.." bakas ang pag-aalalang tawag sakin ni Noona.

"Yeah right.. Naiintindihan ko naman lahat e.. Kahit na anong sabihin ko ngayon.. ako pa rin ang mali.. O sige.. Hihintayin ko na lang humupa hupa yung galit nya sakin.. At lalo na yung galit ni Parrot sakin.. Then, kakausapin ko sya.." walang emosyong tugon ko. **"Okay na ba yon?!"**

"D-Deib.."

"I'm tired.. So tired.. Please let me rest.." pigil ko pa sa kanya at saka bumuntong-hininga.

"D-Deib---"

"N-Noona!" pigil ko sa kanya. **"Birthday ko di ba?? Nasira na yung Party.. w-wag mo ng sirain pa yung gabi.."** madiing sambit ko at saka tinalikuran sya!

Nilingon ko si Mommy..

Bakas ang pagkalito sa mukha nya at halatang hindi pa rin sya makapaniwala sa mga narinig nya..

Pero nginitian ko sya at saka hinalikan sa noo nya..

"I-I'm sorry, Mom.. I love you.." mahinang bulong ko pa at saka umakyat.

Pigil ang emosyong isa-isa kong inihakbang ang mga paa ko..

Bawat yabag nun ay naging napakabigat para sakin..

Umakyat ako sa kwarto ko at doon ko inilabas ang emosyon ko..

Sunod sunod ang naging pagtulo ng mga luha ko..

Hindi ko maintindihan ang sarili ko..

Nalilito ako.. H-Hindi ko alam kung anong gagawin ko..

Ramdam na ramdam ko sa dibdib ko ang sakit..

Sakit na hindi ko malaman kung saan nagmumula..

Napakaraming tanong sa isip ko pero alinman ay hindi ko masagot..

Ang alam ko lang..

Nasasaktan ako.. at nasaktan ko sya..

Hindi ko na nagawang asikasuhin ang sarili ko..

Hinubad ko na lang ang coat ko at saka sumalampak sa kama ko..

"Mas gago ka dahil ikaw ang mahal nya pero ginaganyan mo sya!! Sating dalawa---mas gago ka!!!"

"Mahal ka ni Maxpein, Deib.."

Muling umugong sa pandinig ko ang mga linya'ng yun ni Randall!

Lalo akong napaluha dahil unti-unti kong naramdaman ang sakit..

Ang lahat ng ginawa ko sa kanya..

Yung katotohanang nasasaktan ko sya..

Pero yung pakiramdam na mas nasasaktan ako.. Pakshet! Bakit ba ako ganito!

Aaminin kong meron sa loob loob kong nagliwanag bigla nung sabihin ni Randall ang mga linyang yon..

Kitang kita ko sa mga mata nya at nararamdaman ko ang sinseridad nya..

Nakakasiguro akong nagsasabi sya ng totoo..

Pero may isang parte sa loob loob ko ang hindi naniniwala..

Dahil sa kanya ko gustong marinig yan.. Hindi sayo.. hindi kahit kanino.. Sa kanya lang..

At nagtuloy lang ako sa pagiging emosyonal..

Hindi ko na rin namalayang nakatulog na pala ako..

♥ K ♥ I ♥ N ♥ A ♥ B ♥ U ♥ K ♥ A ♥ S ♥ A ♥ N ♥

Sunday, Linggo.

Naramdaman kong gising na ang diwa ko..

Pero nananatili akong nakapikit..

Muli kong naramdaman ang bigat sa dibdib ko..

At ang sakit..

Ang sakit sakit..

Ano ba'ng ginagawa mo sa sarili mo, Deib?!

Inis akong bumangon at hinubad isa-isa ang damit ko at saka naligo..

At habang naliligo ay hindi ko pa rin maiwasang hindi mag-isip..

~FLASHBACK~

"Kumain ka na?" tanong ko kay Taguro. Bakas sa mukha nya ang pagkagulat sa paglapit ko, pero hindi ko yun ipinahalatang nakita ko.

"O-Oo.." tipid na sagot nya.

"Kumain ka pa.."

"W-Wala akong gana.."

"Bakit naman wala kang gana??" natatawa pang tanong ko. **"Hindi mo ba nagustohan ang luto ng Mommy ko??"**

"H-Hindi.. Nagustohan ko.." kabadong sagot nya at ngumisi naman ako.

"Akala ko hindi mo nagustohan.. E bakit wala ka kamong gana??"

"H-Hindi pa rin kasi maganda ang pakiramdam ko.."

"Tch.. Pumunta ka pa dito?"

Hindi pala maganda ang pakiramdam mo, bakit inuuna mo pa ako?

"Yung kanta mo kanina.. yun na ba ang regalo mo sakin?" tanong ko at hindi naman sya sumagot kaya nagsalita ulit ako. **"Yun na ba yun??"** nakangiting tanong ko pa.

♫ ♪ " I'll make a wish for you.. And hope it will come true.. That life would just be kind.. To such a gentle mind.. If you lose your way.. Think back on yesterday.. Remember me this way.. Remember me this way.. Hmm..... this way.." ♪ ♫

Nananatili syang nakatingin kila Parrot at hindi sumasagot sakin kaya naman ngumiti ako at tumingin rin kay Parrot at saka nagsalita..

"Sana ganon kaganda kay Parrot ang boses mo.. Baka sakaling naappreciate ko.."

Hindi ako nakatingin sa kanya munit kitang kita ko sa gilid ng paningin ko ang biglaang paglingon nya!

"Nandito ka ba para mang-insulto??" bakas ang inis sa tanong nya.

"Nainsulto ka ba?" sarkastikong tanong ko.

"Tss.."

"Sana hindi ka na lang kumanta---hindi rin naman pala ganon kaganda ang boses mo.."

"U-Umalis ka na nga dito.. bumalik ka na lang don sa table nyo.."

"Bakit hindi ka sumayaw?"

"Bakit naman ako ako sasayaw?" sarkastikong tanong nya

"Ayun yung ex mo oh.." turo ko kay Randall pero hindi nya 'to nilingon. **"Yayain mong sumayaw ang ex mo.. mukhang ikaw na lang ang hinihintay e.."** ngingisi ngising sabi ko pa.

Wag kang makikipagsayaw sa kanya.. Patayin mo muna ako..

"Umalis ka na sa harap ko.."

"Tch! It's my birthday.. I can do whatever I want.."

"Edi ako na lang ang aalis.." sabi nya at saka tumayo.

"W-Wait.." pigil ko sa kanya. **"B-Binibiro ka lang e.."** sabi ko pa at saka ko sya marahang hinila paupo. **"Pero kung yayayain ka nya---sasayaw ka ba---"**

Natigilan ako sa malakas na pagkakahablot nya ng braso nya mula sa pagkakahawak ko! Napapalunok akong napatingin sa kanya!

"Umalis ka na sa harapan ko.. kung ayaw mong masira ang party mo.." mariing usal nya at saka tumayo at naglakad palayo.

~END OF FLASHBACK~

Muli kong inalala pa ang ibang nangyari..

Alam kong nagsasayaw sila ni Randall pero tiniis kong hindi sila tignan!

Kahit pa parang hinihigop ang paningin ko papunta sa kanila ay hindi ko sila magawang tignan at pilit kong itinuon kay Kim ang paningin ko!

Si Kim na ngingiti ngiti sa harap ko at biglang hinalikan ako!

Badtrip! Pakshet! Pakinengshet!

Ano kayang naramdaman ni Taguro nung nakita nya yun?!

Masyado kaming malapit sa kanya kaya imposibleng hindi nya nakita!

Badtrip!

Mabilis kong tinapos ang pagligo ko munit hindi ako lumabas ng kwarto ko..

Nananatili ako sa loob at nanonood lang ng TV, kahit pa tulala lang akong nakatingin dito.. Isip ako ng isip.. Walang nagbabago sa isip at nararamdaman ko..

"T-Tell me w-what to do.. g-gagawin ko.."

Naalala ko ang linyan yun ni Taguro..

Napabuntong-hininga ako sa isiping yon..

"Pumunta ka dito at sabihin mo saking mahal na mahal mo rin ako.." naluluha na namang sabi ko. Pilit ko pang inihihinga sa bibig ko ang bigat sa dibdib ko..

~KNOCK! KNOCK! KNOCK!~

Agad kong pinahid ang mga namuong luha sa mga mata ko at saka ako tumayo at lumapit sa pinto..

SI MOMMY.

"Yes, Mom?" walang ganang tanong ko.

"Aren't you going downstairs?? Hindi ka na nagbreakfast kanina.. lunch time na.." nag-aalalang tanong nya pa. Nananatili akong nasa pinto at hindi ko sya pinagbubuksan ng todo.

"I'm not hungry--"

"Deib.." malungkot nya pang usal. **"Please don't do this to yourself.."**

"Mom, I'm not doing anything.. I just don't wanna eat.."

"But you haven't eaten anything yet...." malungkot lalong dagdag nya.

"Because I don't wanna eat.."

"D-Deib.."

"Mom, please.. I don't wanna eat.. I'll go downstairs kapag nagutom ako.."

"Hahatiran na lang kita ng foods mo dyan??"

"No, Mom.. I'm not hungry.."

"Pero, baby.."

"I want to be alone.." sabi ko pa at nanlumo naman sya.

Iniiwas ko lang ang paningin ko sa kanya at saka muling isinara ang pinto at saka nagkulong magdamag sa kwarto.

DEIN'S POV

Bumaba si Mommy mula sa kwarto ni Deib at bakas ang lungkot sa mukha ni Mommy at hindi nya kasama si Deib. Alam ko nang tinanggihan sya nito'ng bumaba..

Sabay sabay kaming naglalunch ngayon hindi alam ni Deib na nandito si Chairman at si Lolo.

"Where's Deib??" bakas ang inis sa tono'ng tanong ni Chairman kay Mom pero umiling lang 'to. **"Kausapin mo ang anak mong yun, Lohrton.. Hindi ko nagustohan ang nangyari kagabi.."**

"Y-Yes, Chairman.." napapahiyang sagot ni Dad at naibagsak ni Chairman ang fork na hawak nya kaya naman agad na nangibabaw ang tensyon sa table namin. Gayunpaman ay nagtuloy kami sa pagkain, pagkaupo ni Mommy.

"Hindi ko malaman kung anong nangyari at biglang nagkaganoon ang Party?! Napakaraming tao ang nandoon at napakaraming tao ang nakakita sa gulo'ng nangyari!" sigaw pa ni Chairman kaya naman naramdaman ko ang kaba sa bawat isa!

Munit nagtuloy pa rin kami sa pagkain at hindi ipinahalata ang kaba. Bakas sa tono ng pananalita ni Chairman ang pagkadismaya!

"Dein Leigh!"

"C-Chairman??"

"Nobya ba ni Deib Lohr ang Maxpein na yon??" salubong ang kilay na tanong ni Chairman at nagtama naman ang paningin namin ni Mommy. Nakatingin silang lahat sakin kaya naman tumango ako.

"Y-Yes, Chairman.."

"Sesanghe.." hindi makapaniwalang sambit nya.

"B-But.. they're not on good terms right now, Chairman.." dagdag ko pa.

"Why!?"

"H-Hindi ko po sigurado kung ano ang b-buong detalye.. A-Ang alam ko lang po ay n-nakipagbreak si D-Deib sa kanya.."

"And that, Kim??" tanong pa ni Chairman.

"N-Nililigawan po ni D-Deib noon.. As I've said, Chairman.. They're not on good terms right now.. n-nadamay lang si Kim sa misunderstandings ni Deib at Maxpein.."

"Makipagbreak na sya ng tuluyan!"

Gulat kaming napatingin kay Chairman!

"C-Chairman.." si Mommy.

"Nakausap ko si President Maze Moon.." mahinang sambit ni Chairman habang nagtutuloy sa pagkain at salubong ang kilay. **"Hindi ko nagustohan ang Maxpein na yun base sa mga kwento ni President Maze.."** dagdag pa ni Chairman at nanatili lang kaming nakikinig sa kanya. **"She's no good for him---"**

"C-Chairman.." pigil ni Mommy sa kanya. **"H-Hindi naman po natin pwedeng ganunin ang bata dahil lang sa mga kwento'ng nadinig nyo.."**

Tumingin si Chairman kay Mommy at saka sarkastikong ngumiti.

"Hindi sya tunay na anak ni Maze.. Anak sya ni Maximor sa ibang babae, Lacey.." si Chairman. Bakas ang pagkagulat sa mukha nila Dad at Mommy. Nanatili naman kaming kabado ni Lolo.

"P-Pero Chairman.. H-Hindi naman mahalaga yon.."

"Mahalaga yon, Lacey.. Dahil kahihiyan sa pamilya natin kapag nagkataon.."

"Paano'ng naging kahihiyan?" sabat ni Lolo at nilingon naman sya ni Chairman!

This is not good.. Tsk..

"Ang bata'ng yon.. Pumapasok sa gulo.. hindi sya magandang impluwensya kay Deib Lohr! At bukod doon?? Anak sya ng kriminal!" si Chairman! At laking gulat ko sa narinig ko!

Para sa akin ay marami na akong alam kay Maxpein pero ito ay isa sa mga bagay na hindi ko alam kaya naman ganon na lang ang gulat ko! Walang nakasagot kay Chairman at bumalatay ang pagkagulat sa mukha naming lahat!

"Anak sya ng sindikato.." pigil ang galit pang dagdag ni Chairman! **"At ang totoo?? Hindi nila sigurado kung si Maximor nga ang ama nya! Sa madaling salita---isa syang bastarda!"**

"C-Chairman.." si Dad. **"W-Wag naman po nating gamiting iyang basehan.."**

"Bakit, Lohrton??? Gusto mo ba para sa anak mo ang bata'ng iyon??" galit na tanong ni Chairman kay Dad.

"H-Hindi naman po kasi sya masama'ng tao---"

"Paano kang nakasisiguro?!" sigaw sa kanya ni Chairman! **"Disiotso na ang bata'ng yun at nasa high school pa rin ngayon dahil pinanindigan nya ang pagiging bastarda! Gulo dito--gulo dyan ang pinasok nya! Bakit?! Dahil nga bastarda sya!! Nakita mo naman kung paano syang makitungo sa atin, hindi ba?? Walang galang---walang modo! Munit alinman sa mga iyon ay pinalampas ko sapagkat naging interesante sa akin ang laman ng mga salita nya! Masasabi kong matalino sya munit ang katotohanang walang kasiguraduhan ang pagkatao nya ay dismayado ako.. Dismayado'ng dismayado..."**

Walang nakasagot kay Chairman!

Lahat kami ay napayuko!

"Nalaman ko ring lahat ng pinaggagagawa nya sa loob ng BIS na ni isa sa inyo!!!! Walang nagbanggit sa akin!" sigaw na naman ni

Chairman!

Ramdam ko ang tensyon at alam ko ang mangyayari kapag sumagot pa kami..

Kaya naman nagtuloy na lang kami sa pagkain at wala ng nagsalita maski isa pa..

Maya maya ay umakyat na ako sa kwarto ko at doon nagkulong.. Nagdahilan na lang akong maraming gagawin kahit ang totoo ay natapos ko ng gawin lahat kanina pang umaga..

Maghahapon na nung tawagan ko si Randall sa cellphone nya..

"H-Hon.." sagot nya na parang bagong gising pa.

"Nagising ba kita?"

"It's okay.." sagot nya at napangiti naman ako. **"Napatawag ka??"**

"I'm not feeling good.." malungkot na sabi ko pa.

"H-Ha?? Why!? May nangyari ba??" nag-aalalang tanong nya at napangiti naman ako.

"H-Hindi ko alam.. I feel sad for no reason.."

"H-Huh?? Hon.. Do you want me to go there?"

"No.." nakangiting tanggi ko. **"You need to rest, maaga pa ang duty mo bukas.. I'm okay.. It's just that.. h-hindi ako makamove on sa nangyari kahapon.."** tuluyang kwento ko at dinig ko naman ang pagbuntong-hininga nya. **"I'm a bitch.."** natatawa pa kunwaring sabi ko. **"But I feel sad for Maxpein.."** sa wakas nasambit ko.

Hindi ko alam..

Pero gumaan ang pakiramdam ko sa sinabi ko..

Yun talaga ang nararamdaman ko..

Nalulungkot ako para sa kanya..

Napabuntong-hininga pa ako at saka nagtuloy sa pagsasalita..

"Y-Yung ginawa mo sa kanya noon.. nagfaflashback sa isip ko.. Parang nakikita ko sa mga mata ko yung lungkot na nakita ko sa mukha nya nung gabi'ng ipakilala mo ko sa kanya.. At yung nangyari kagabi??? Hindi ko man nakita ng matagal sa liwanag yung mukha nya.. but her presence made me sad.. I can feel her sadness.. I can feel her pain.. I don't know! Siguro d-dahil babae rin ako kaya ako ganito---"

"It's not that.." pigil nya sakin at nakinig naman ako. **"You're feeling that kasi mabuti ka ring tao.. Tsh! Nagiging masama ka lang naman dahil sa selos mo kay Maxpein.."**

"Yeah right.." sarkastikong sagot ko at saka ngumiti. **"Get over it.. I'm done with that.. Hahahahahahaha!"** at saka kami sabay na tumawa. Muli akong bumuntong-hininga at saka nagsalita. **"H-Hon.."**

"Mmm??"

"How much do you know her??"

"Pein??"

"Mmm.. Si Pein.. Gano mo sya kakilala??"

"I don't know.. I may not know everything about her, but I guess.. What I know is enough.."

"L-Like??"

"Like, what??"

"A-About her parents..??" tanong ko at bigla syang natahimik sa kabilang linya.

May alam sya..

Hindi namin napag-usapan kahit kailan ang tungkol sa parents ni Maxpein.. Ayaw na ayaw ko ngang pag-uusapan sya kaya naman hangga't maaari ay parati kong iniiwas sa kanyang usapan namin ni Randall sa dalawang tao'ng relasyon namin..

"Do you know anything about her parents?? N-Nandito kasi si C-Chairman at si Lolo kanina.. s-sabay sabay kaming naglunch.. S-Sinabi ni Chairman kanina na.. a-ayaw nya kay Pein para kay Deib---"

"Ha?!" gulat na tanong nya at napatango pa ako.

"Yeah.."

"He said that??"

"Yeah.. that's why I felt sad.. I mean.. hindi ko rin alam kung bakit ako nalungkot.. Basta na lang ako nalungkot.. P-Parang feeling ko, h-hindi valid yung reason ni Chairman para ayawan nya si Pein.."

"B-Bakit daw??"

"D-Dahil hindi tunay na anak ng Mommy ni M-Maxwell si Maxpein.. at h-hindi rin sigurado kung anak rin sya ng D-Daddy ni Maxwell.. S-Sorry, h-hindi ko maipaliwanag ng ayos.."

"It's okay.. I understand.."

"I mean, di ba?? P-Parang.. porket a-anak sya sa labas---hindi na sya pwede kay Deib?? Ano ba si Deib!? Prinsipe ng Pilipinas?! Psh!"

"Hahahahaha.." tumawa pa sya at napangiti naman ako. **"Pero... t-totoo ang sinabi nya.."**

Hindi ako nakapagsalita at nakinig lang ako!

"A-Ang alam ko ay.. a-anak si Pein sa labas ni More.. Ang a-alam ko rin ay.. h-hindi sila siguradong a-anak nga ni More si Pein.."

"B-Bakit daw?!"

"I don't know.. y-yun lang ang nabanggit sakin ni Maxwell noon.."

"P-Pero.. b-bakit hindi nila alamin!? I mean.. mapera naman sila, they're wealthy and they can do everything.. Bakit hindi nila ipa-DNA Test or something!?"

"Si More at Maxwell ang may ayaw na ipa-DNA Test si Pein.. Ang alam ko ay ayaw rin ni Mokz.. D-Dahil insulto daw yun sa pagkatao ni Maxpein.."

"E bakit hindi nila ginawa yun nung bata pa at walang muwang sa mundo si Maxpein, di ba?! Psh!"

"I don't know.. siguro dahil.. n-nung lumaki na lang sya.. d-don nila sila naghinala.."

"Psh! That's stupid.. Tsk tsk.."

"I know.."

"Ngayon.. mas lalong hindi na ako magtataka kung bakit ganon na lang ang personality nung ex mo'ng yun.."

"Ssshhh.." natatawang suway nya pa sakin. **"Hindi nakasundo ni Pein si Maze.. Kaya ganon na lang ang treatment nila sa isa't isa.. Pero, hindi pa rin naman nya pinababayaan si Pein.. nakakatawa lang.."**

"W-What do you mean??"

"Kung wala na talaga syang pakialam kay Pein.. pwedeng pwede nya namang ipamigay na lang si Pein nung baby pa 'to.. Pero anong ginawa nya? Kinupkop nya pa rin at pinalaki.. Tsh.."

"Oo nga.."

"Magulo.. Napakagulo ng pamilya nila kapag si Pein na ang pag-uusapan.. Pero kapag wala sya sa usapan?? Okay na okay ang pamilya nila.. Almost perfect ika pa ni Pein noon.." natatawang kwento nya. **"Sya lang talaga ang panira.."**

"Tsk tsk.. That's sad.."

"I know.."

"E kayo ni Maxwell?? Kailan naman kayo magkakaayos??" prangkang tanong ko at natigilan naman sya. Natahimik na naman sya sa kabilang linya. **"Hey! I'm asking you---"**

"I don't know!" galit na sagot nya!

"E bakit nagagalit ka?!"

"W-Why do you always bring him up!?"

"B-Bring him up???!!"

"Tsh! Parati mo syang binabanggit---may gusto ka ba don?!"

"Eeeeiisshh.. So now, you're jealous?!"

"Tsh! Sinong may sabi sayo?!"

"Hahahahaha.. You're jealous, Randall Echavez!"

"No, I'm not Dein Leigh *'Echavez'*!"

Eeeeeehhhhh!!! Kasi naman eeeehhhh!!!!!

KINILIG AKO SA SINABI NYA!

"Natahimik ka?? Kinilig ka na naman?!" natatawa pang tanong nya!

"H-Hindi ah.." pagsisinungaling ko pa.

"Tsh! Kunwari pa.."

"H-Hindi kaya---"

Natigilan ako!

"U-Uhgk!!" naiusal ko pa nung biglang makaramdam ako sa tiyan ko ng kakaiba!!

"H-Hey?? Anong nangyari sayo??" nag-aalalang tanong nya pa!

Pero hindi ko na mapigilan!!!!!

Mabilis kong ibinaba ang line at saka ako tumakbo papunta sa banyo!!! Dali dali akong yumuko sa bowl at..

"A-Ark..."

DUMUWAL..

Napasapo ako sa tiyan ko habang nanlalaki ang mga mata kong napatinign sa kung saan..

W-What's h-happening to me?

Ilang araw kona ring nararanasan 'tong pagduduwal ko pero nakakapanibago ang isang 'to ngayon.. May kakaiba sa loob kong naramdaman ko at bigla akong napaisip!! Biglang bumilis ang tibok ng puso ko! Parang nagkakarera sa bilis ang bawat tibok! May pumasok na ideya sa utak ko..

Ang pagkahilig sa pagkain..

Ang paglalaway sa mga naiisip kong kainin..

Ang pagiging mainitin ang ulo..

Ang pagsikip ng uniform..

Ang napapadalas na PAGDUDUWAL ko..

A-Am I... p-pregnant?

OceanofPDF.com

CHAPTER 145

NAIH'S POV

Lumipas ang Linggo at Lunes na naman.

Pero kakaiba na si Maxpein..

Alam kong hindi pa rin sya okay.. O dapat ko yatang sabihin.. HINDING HINDI SYA OKAY!!!

At isa ako sa mga nagdudusa!

Mukhang bumalik na naman yung dating sya!

Hindi pala-KIBO!!!

Nuknukan ng TAHIMIK!!!

Parati kang BARADO!!!

Hindi LUMILINGON!!!

Parating NAG-IISIP!!!

Jusko po, Lord.. sana po.. wag ako masyadong magsuffer.. huhuhuhu!!! Sana po wag mabawasan yung oras ko kay Lee..

Magdamag kaming nasa trabaho kahapon pero ultimong mga kasama namin doon ay hindi man lang makapalag sa sobrang katahimikan nya, pero nakakapagtrabaho pa rin naman sya ng maayos kaya naman wala ka pa ring kaiinisan sa kanya.

Ang totoo ay mas dumoble pa nga ang kasipagan nya sa trabaho.. Ultimong trabaho ng iba, ginagawa nya..

Pagkauwi namin galing sa party ni Deib nung gabing yun, don na sya nagsimulang hindi magkikibo..

Hindi naman ako masyadong nag-aalala dahil bukod sa puno ng galit ang dibdib ko..

Hindi ko man lang nakitang namugto ang mga mata nya..

Pero ang pinakaayaw ko sa lahat ng ikinikilos nya..

Kailangan mong maging bongga sa TALINO kapag sya ang kausap mo kung gusto mong makuha ang SAGOT na gusto mo!!!!! Maging maingat sa pagtatanong nang hindi ka barado!!

It's painful..

"Woi!"

"Aaaayyy!!! Jusko---stop----me!!!" napasigaw pa ako nung bigla nya akong sigawan! **"A-Ano ba yon!"** inis na tanong ko sa kanya!

"Tabe.."

"H-Ha??"

"Tabe.."

"A-Anong tabe ba??"

"Dadaan ako.."

Watdapak!?

Nanlalaki pa ang mga mata ko'ng tumingin sa tagiliran ko na NUKNUKAN SA LAWAK ang madadaanan!

At nakuha nya pa talagang pumunta sa harap ko at dito nya mismo gusto'ng dumaan sa kinatatayuan ko?! Nice!

Pero dahil GANYAN nga sya ngayon..

NAKANGITING TUMABI RIN AKO..

"Bilisan mo dyan, baka malate tayo.." sabi nya pa kaya naman dali dali'ng kinuha ko ang helmet ko.

"Iaangkas mo ko??" nakangiting tanong ko pa.

"Anong pakinabang ng motor mo??"

"H-Hahahahaha! N-Naaaaaapakalake! Naaaaapakalake ng pakinabang ng motor na yan! H-Hahahaahaha!" sabi ko pa at tinalikuran nya lang ako. **"King inang 'to.."**

Bakit ba kasi sya ganyan? Huhuhuh..

Mabilis syang sumakay sa motor nya at saka parang HANGIN na nawala sa paningin ko!

Syempre.. Wala akong choice kung hindi sumunod di ba?!

Mabilis rin kaming nakarating sa BIS dahil walang traffic traffic sa pagmamaneho nya!

Whew..

Napasipol pa ako sa isip ko nung sa isang mabilis ay nagawa nyang i-park ang motor nya at sa isang mabilis rin ay bumaba sya at saka nagderederetso papasok..

Agad naman akong sumunod sa kanya..

Hindi na namin nagawang pag-usapan pa si *DEIB*..

Ni isa sa amin sa bahay ay walang nag-atubiling kwestyonin pa sya..

Dahil magdamag syang naging tahimik at walang kibo..

Bukod pa sa pananahimik rin ay bakas na bakas rin sa kanya ang pagpapanggap na ayos lang sya..

Kahit pa ang totoo..

Alam naming hindi sya okay..

Dumeretso kami sa locker pagkapasok..

Marami rami pa rin ang estudyante'ng nagkumpulan doon at nagsisipagkuhaan rin ng gamit.

"Ooohhh.. Taguro Brothers.."

Dinig ko na naman ang bulungan na nagmumula sa magkabilang gilid ng espasyong yun..

Pero hindi naman namin sila pinansin..

Lalo na si Max na cool na cool lang na naglakad at kumilos..

"Balita ko ay sinira nila ang Party ni Deib??"

"Oo.. Yun rin ang dinig ko..."

"At may ginawa na naman sila kay Aimee.."

"Nako, kung nandito pa si Choco paniguradong gulo na naman yan!"

"Pero hindi ba't parang ang weird?? Bakit sila nagkaganon bigla? Hindi ba't girlfriend na sya ni Deib!?"

"Who knows?! Walang nakakaalam kung anong nangyari kaya naman marami ang nagulat nung kumalat ang balita'ng yun mula kay Abby.. May practice kasi kahapon ang cheering squad dito sa school at nagkwento daw si Abby, kaya kanina.. ayun kumpulan na ang bulung-bulungan---"

Gulat akong napalingon dahil kusang huminto yung pinapakinggan kong nakikipag-usyoso.

Gulat rin akong makita na kaharap na nila si Maxpein!

"A-Ahh h-hehehe.. Hi M-Maxpein.." sabi pa nung maingay na bumubulong kanina.

Naibaba ko naman ang notebook na hawak ko at humarap ako sa kanila.

"Ganon ba talaga kayo katanga para pag-usapan ako ng naririnig ko pa??" malamig ang pakikitungong tanong pa ni Max sa kanila. Napangiwi naman at bumalatay ang takot sa mukha nung dalawang babae.

"S-Sorry M-Max----"

Hindi nya nagawang tapusin ang sasabihin nya dahil hinila sya ni Maxpein sa kwelyo!

"M-Max.." mariing tawag ko pa sa kanya at saka humawak sa braso nya para pigilan sya. Munit hindi nya ako pinansin.

"Pakiramdam ko ay ang pangit pangit ng pangalan kapag nanggagaling sa mga bunganga nyo---kaya naman isang dinig ko pa ng pangalan kong lumabas dyan sa bibig mo.. Hindi mo na ulit mararanasang makapagsalita.." madiing banta sa kanya ni Max at saka sya binitiwan!

"S-Sorry---Sorry!" sigaw pa nung babae at saka sila sabay na umalis sa harap namin!

Now this is new..

Kung noon ay hindi lahat dinadarag nya..

Mukhang iba na ngayon!

Hindi ko na sya pinansin at animong walang nangyaring dali dali kong kinuha ang iba pang gamit ko at saka isinalampak ang mga yun sa bag ko! Sumunod ako sa kanya at saka sumabay sa paglalakad nya.

"O-Okay ka lang ba??" mahinang tanong ko pa.

"Nagkalat ang tsismoso sa school na 'to.. Ultimong maliit na bagay pinag-uusapan.." halatang inis pang sagot nya.

"S-Sikat ka na rin kasi.. k-kaya hindi mo na maiiwasan, Max.."

Hindi na sya kumibo at nagtuloy na lang kami sa loob ng room..

"Yoooon!!!" salubong samin ni BJ.

"Good m-morning, Max!" parang nag-aalinlangan pang bati ni Michiko sa kanya dahil nauna syang pumasok sakin. Hindi naman sya pinansin ni Max at nagtuloy lang sa upuan nya. **"Good morning, Naih!"**

"Good morning, Mitsiko!" nakangiting bati ko pa sa kanya at saka nagtuloy sa upuan ko. Sumunod naman silang tatlo sakin.

"Kumusta naman ang BEST IN FRIENDSHIP?" sarkastikong tanong ni BJ at sinensyasan ko naman sya gamit ang kilay ko at saka palihim kong tinignan si Max sa gilid ng mga mata ko.

Sa paraang yun ay nais kong iparating sa kanyang..

Manahimik ka na at wag ka ng magbanggit pa ng kung anong nangyari!

Masyadong mainitin ang ulo ni Max ngayon at alam kong ayaw nyang pag-usapan pa kung ano mang nangyari!

Napanganga naman at tatangu-tangong nakaramdam si BJ at saka tinaasan ako ng kilay..

"S-Sige, balik na kami sa upuan namin.. B-Baka dumating na si Miss.." sabi pa ni Migz at ginawa nga nila ang sinabi nila.

Inilabas ko kunwari ang libro ko at nagpanggap na nagbabasa..

Maya may lang ay nagsipagdatingan ng sabay sabay ang iba pa naming mga kaklase, sinulyapan ko naman si Max kung anong ginagawa nya..

Nakapikit sya at animong tulog na tulog talaga!

Magkakrus pa ang dalawang braso nya habang nakapandekwatro'ng pambabae sa pwesto nya!

"Good morning, class!!!" biglang pasok ni Miss!

Napalingon ako kay Max at nasa ganoong posisyon pa rin sya!

Kitang kita sya mula sa harapan kaya naman agad rin syang napansin ni Miss!

"Miss Del Valle?!" tanong pa ni Miss at dahan dahan iminulat ni Max ang mga mata nya at deretsong tumingin kay Miss! **"Who told you that you can sleep inside my class??"** sarkastikong tanong ni Miss.

"Nagsimula ka na ba??" sarkastikong tanong ni Max at sabay namang nanlaki ang mga mata namin!!!

Umayos sa pagkakaupo si Max at saka sumenyas kay Miss!

"You may proceed.." pormal pang utos sa kanya ni Max at naiwang nakanganga naman si Miss sa kanya!

Ako man ay hindi makapaniwala sa iniasta nyang yun!

Iiling-iling na napatingin na lang sa kanya si Miss at saka nagsimulang magdiscuss!

DISCUSS.

DISCUSS.

DISCUSS.

Mathematics Class.

"What is the Billionth digit of Pi??" maya maya pa ay tanong ni Sir! Nagkandatungo tungo naman kaming lahat maliban sa isa!

Alam nyo na..

"Anyone??" tanong pa ni Sir habang nakataas ang isang kamay nya. **"Mr. Pantas??"**

"A-Ahh.. N-No idea, Sir.."

"Tsk tsk.. Mr. Arenas?!" turo pa ni Sir sa isang classmate namin.

"I d-don't know, Sir.."

"Mr. Vidar?!"

"N-No idea, Sir.."

"Come on, Class!! Nasaan na ba ang mga utak nyo!? Gising!! Gutom na ba kayo!?" galit pang sigaw ni Sir! **"Miss Sia?!"**

"1000, Sir??" alanganing sagot nung classmate namin!

"Wrong! Ano bang sagot yan! Anyone!" sigaw pa ni Sir. **"Miss Vallarta!?"**

"100, Sir?!"

"Lower!!!! Miss Marchessa!?"

"18, S-Serr??" alanganing sagot ko!

"Wroooong!!!" sigaw pa ni Sir at bakas na talaga ang galit sa mukha nya! **"Ano!? Hindi nyo alam!? Nag-aaral ba kayo!?"**

Walang sumagot at mas lalong tumungo ang lahat!

"Get one whole sheet of pad paper---"

"9.."

Sabay sabay kaming napalingon kay Maxpein!

"Yes, Miss Del Valle??" si Sir.

"The Billionth digit of Pi is 9.." ulit ni Max!

P-Pano nya nalaman yun?! H-Hindi naman sya magaling sa Math ah!?

"Very good!!" sigaw ni Sir! **"1000?? 100?? 18?! Anong klaseng mga sagot yan!"** nakapamewang pang sigaw samin ni Sir na tinignan kami isa-isa! At saka sya muling tumingin kay Maxpein! **"May isa pa akong tanong dito---at kapag nasagot mo yun, Miss Del Valle, hindi na ako magpapaquiz.."** nakangising dagdag pa ni Sir. **"Kapag nasagot mo ay makakalabas na kayo at maglalunch.."**

Tinignan lang sya ng deretso ni Maxpein at wala man lang nagbago sa itsura nito!

"What is the largest Prime Number known so far??" nakangising tanong pa ni Sir!

Napalingon naman ang lahat kay Maxpein!

Nananatili syang nakatingin kay Sir habang magkakrus pa rin ang dalawang braso nya!

Mata nya lang ang gumalaw at tumingin pa 'to sa taas na animong nag-iisip sya!

"That's 12,978,189.." sagot ni Max at napanganga ang lahat!

Mabilis syang tumayo at inimis ang gamit nya!

"Class.. dismiss.." pormal pang sabi ni Maxpein at saka lumabas!

Siraulo talaga!

Nagsipagtayuan naman ang buong klase at nagsipagtawanan!

"Hahahahaha! Hambog talaga si Taguro e noh?!"

"At least nasagot nya ano ka ba.."

"Oo nga, ang aga tuloy ng lunch natin!"

"Hahahahaha! Buti na lang matalino sila.."

"Hindi nakasagot si Naih ngayon ah.."

"Oo nga e, mas matalino pa naman sya kay Max.."

Nakakainis nga ang naririnig mo pa ang bulungan nila na patungkol sayo!

Dali dali kong kinuha ang lahat ng mga gamit ko at saka ako sumabay kila Migz papalabas..

Nauuna samin si Maxpein at dalawang dipa ang layo nya samin.

"Ang taray ng lola mo.." bulong pa sakin ni BJ.

"Psh.. wag nyo ng pag-usapan yung nangyari sa party ni Sensui.. baka lalong mabadtrip yan.." bulong ko sa kanila.

"Hindi nyo na napag-usapan, teh??" tanong ni Migz.

"Hindi na.. Hindi na nya nabanggit ang tungkol don.."

"E kumusta na sya ngayon?" si Michiko.

"Ayan.. ganyan.. Coldness.. Loneliness.. Sadness.." nakangusong sagot ko pa.

"At least, best in friendship ka pa rin.. Hahahaha!" pang-aasar sakin ni BJ at nginiwian ko lang sya.

At saka kami sabay sabay na nagmadali pababa kasunod ni Maxpein.

Tulad ng dati ay dumeretso pa muna kami sa locker at iniwan doon ang mga gamit namin at saka kami dumeretso sa Canteen..

Stooppp me..

Sa hindi inaasahan ay nasa table namin yung feeling F4!

Yung sina Lee at Tob lang ang nandoon ay maiintindihan ko!

Pero yung pati si Deib ay nandoon!?

Stooooppp meeee!!!

Napapalunok na nilingon ko pa si Maxpein munit hindi man lang talaga nagbago ang reaksyon ng mukha nya! Alam kong nakita nya na rin si Deib pagkapasok pa lang namin sa Canteen! Dahil bukod sa natigilan kami nila Michiko, BJ at Migz nung makita namin sila ay nasa unahan lang rin ng Canteen na yun ang table namin kaya naman kitang kita mo agad!

Mas nagulat pa kami nung biglang nagderederetso si Maxpein paupo sa madalas nyang pwesto sa table namin!

SA HARAP NI DEIB!

Hindi man lang ako makaramdam ng galit dahil ako mismo ay nagugulat sa nakikita ko!

Ang inaasahan ko kasi ay kapag nakita ko si Deib at uusok ang tenga't ilong ko at saka ko sya bubugbugin kahit sa harap pa ng maraming tao!

Pero iba ang pakiramdam ko ngayon!

Lalo pa at nakikita kong..

Pareho silang walang pakialam sa presensya ng isa't isa!!!

Napapailing na napasunod na lang ako sa kanila paupo sa mga upuan!

Pare-pareho kaming nagpapakiramdaman!

"A-Ahh, M-Max.. Okay lang b-bang.. s-sumabay kami sa inyo??" si Tob!

SA WAKAS AY MAY BUMASAG NG KATAHIMIKAN!

Dahan dahang iniangat ni Maxpein ang paningin nya sa kanya at saka walang emosyong tumingin isa-isa sa kanilang tatlo!

"Bakit naman hinde?" malamig pang tanong ni Maxpein at saka tumayo.

Dali dali naman akong tumingin kay Lee at sumenyas sa kanya.

"S-Sabayan ko muna si Max.." mahinang sabi ko pa at saka ako dali daling sumunod kay Max.

Pero hindi nya na ako pinansin at mabilis syang nakausad sa pila!

"M-Max.. a-anong order mo?" kunwaring tanong ko pa habang nagtitingin ng mga foods na available.

"Chicken Spag at saka Sandwich..."

"Ahh, sige yun na lang rin sak---"

HINDI PALA AKO ANG KAUSAP NYA!

Napapahiyang napahinto ako sa sasabihin ko nung iangat ko ang paningin ko ay yung server pala ang kausap nya!

Pahiya nga dyan..

Kaya naman wala akong choice kung hindi umusad sa linya at sumunod sa kanya. Ako naman ang humarap sa server at sinabi ang order ko.

"G-Ganon na lang rin ang akin.." napapahiyang sambit ko pa sa server na mabilis naman akong tinanguan. **"M-Max.."** tawag ko na sa kanya nung makatyempo ako. Nilingon nya naman ako munit nananatiling blangko ang mukha nya. **"A-Ayos lang ba sayong kasabay natin sila??"** naiilang pang tanong ko.

"Mukhang ayos lang naman sayo---edi ayos lang rin sakin.."

Sakin?? Bakit sakin!? P-Pano sa kanya?!

Nakaramdam ako ng kakaibang hiya!

"K-Kung h-hindi mo sila g-gustong makasabay.. pwede naman tayong h-humiwalay na lang---"

"Hindi na.. table natin yun e.."

"S-Sige, k-kakausapin ko na lang si Lee na l-lumipat sila sa table nila---"

"Ayos lang ako.. Wag mo kong intindihin.."

"E-Eh kasi.."

"Isipin mo na lang.. tayo tayo lang ang nasa table.." mahinang sabi nya pa at saka kinuha ang order nya at nagpaumunang maglakad!

Pano ko magagawa yun e magkakaharap tayo mismo!

Dali dali kong kinuha ang order ko at saka ako sumunod sa kanya.

"Oh? Nasan na si Migz???" tanong ko nung pagbalik ko sa table ay wala na si Migz.

"Pinatawag ni Coach at Mr. Faller.." sagot naman ni BJ.

"Hindi pa ba kayo oorder??" tanong ko pa.

"Sila na ang oorder samin.." sagot ni Michiko na inginuso yung tatlo na naglalakad na rin papunta sa line.

Naupo naman ako agad sa tabi ni Max. Nagsisimula na syang kumain.

"N-Nagmamadali ka naman ata??" tanong ko pa.

"Nagugutom nako e.."

"H-Hindi ka kasi kumain kagabi e.." bulong ko pa pero hindi na sya sumagot.

Naging mabagal ang oras sa pagitan ng lahat..

Pagbalik nila Lee, Deib at Tob ay mas naging tahimik kaming lahat..

Kaya naman dinig na dinig namin ang bulungan ng mga kumakain malapit samin..

"Grabe.. Nakuha pa rin nilang magsabay?!"

"Ang weird lang nila.."

"Baka naman hindi talaga sila nag-away?? Baka si Aimee at Maxpein lang talaga?!"

"Hindi ko alam e.. Pero base sa kwento ni Ate Abby ay si Kim na talaga ang kasama ni Deib.."

"Sabagay, kitang kita naman natin last week na si Kim ang kasabay ni Deib kumain.."

"Anggulo gulo.."

"Oo nga.."

"Deadma na nga lang.."

Napatingin pa ako kila Max at Deib na kasalukuyang magkaharap habang kumakain!

Parang kami'ng lahat pa maliban sa kanilang dalawa ang naiilang para sa kanila!!!!

Pareho lang silang walang kibo at ni hindi man lang nililingon ang isa't isa!

Hindi rin sila tulad namin na animong nagpapakiramdaman!

Natural na natural ang kilos nilang dalawa at walang bahid ng pagkailang!!!!

Akala mo ay parehong hindi nag-eexist ang isa't isa para sa kanilang dalawa!

Ang weird! Ang weird weird ng feeling!

Nakakailang sa part namin pero wala kang mararamdamang awkwardness sa pagitan nila! Napakaweird lang sa part namin!!!!

Maya maya lang ay bumalik si Migz.

"Migz, inorderan na kita ng foods.." salubong sa kanya ni Tob.

"Aaawww.. Super thanks Tob! So sweet of you.." si Migz.

"Basta ikaw.. Hehehe.."

"Oh?? Anong nangyari, bakla?" tanong ni BJ kay Migz.

"Ayon.. more patawag na naman ang Lolo Faller mo.." si Migz.

"Bakit ka nga daw pinatawag??" si BJ.

"E yung tungkol doon sa Regional Sportsfest.. Pinayagan na daw sumali ang Private Schools at kasama na ang BIS.. Ininform nila ako ni Coach.." si Migz.

Dahan dahan pa akong napalingon kay Max!

Pero wala man lang nagbago sa ekspresyon ng mukha nya!

"M-Max.." tawag pa ni Migz kay Maxpein kaya naman nilingon sya nito! **"K-Kakausapin ka daw nila Dean, Coach at Mr. Faller m-mamaya..."**

"Anong oras?" walang ganang tanong ni Max!

"A-After lunch.." utal pang sagot ni Migz at tumango lang si Max at saka nagtuloy sa pagkain!

Gulat pa akong makitang patapos na sya!

"T-Tapos ka na??" tanong ko pa!

Chicken---Spaghetti---Sandwich??? Tapos na nya?! Pakingshet!

Hindi nya ako sinagot at nagpunas lang sya ng bibig nya!

"Nakalimutan kong bumili ng inumin.." sabi nya pa at saka tumayo.

"Oh.."

~DUUUG!~

Sabay sabay kaming napalingon sa biglaang paglalagay ni Deib ng tubig sa harap ni Max!!!!

Parang may humaplos sa dibdib ko sa eksenang yon!

Bigla ring bumilis ang tibok ng puso ko!!!

At meron sa loob loob kong humihiling na sana *ay* MAGBATI na sila!!!!

King ina ka, Zarnaih! Yung mga eksena mong yun sa party---nasan na!!!!!!! Bakit ganyan ang nararamdaman mo ngayon!!

Hindi ko maintindihan!

Parang huminto ang paligid!

Nakatayo si Maxpein at blangko ang mukhang napatingin sa bote ng mineral water na yun na biglang pabagsak na iniabot ni Deib sa harap nya dahilan para matigilan sya sa pagtayo dahil asta syang aalis para bumili ng maiinom!

Hindi sila nakatingin sa isa't isa pero ang lakas lakas ng IMPACT nila sa dibdib ko!

Halos ang lahat kami ay nagpalipat lipa ang paningin sa kanilang dalawa munit nanatiling blangko ang mukha nilang dalawa!

Nagtuloy lang ang pag-ikot ng mundo nung DEADMAHIN ito ni Max at saka dumeretso pa rin sa line!!!!

Aaminin ko..

NANLUMO AKO..

Hindi ko talaga maintindihan ang sarili ko! Ako yung galit na galit kagabi!

Pero parang ako rin ang nagsusumamo ngayon at nagmamakaawa ang mga dugo dugo sa dibdib ko!!!

Para bang pati ako ay nasasaktan sa mga iniaasta nila kahit na sa isip isip ko ay hindi dapat ito ang nararamdaman ko!!

Ang inaasahan ko ay kapag nakita ko si Sensui ay magsusuper saiyan ako!

Pero hindi..

Napatingin ako kay Sensui at bakas ang pagkapahiya sa mukha nya..

Napayuko sya munit hindi na nya nilingon pa si Maxpein na kasalukuyan ng kumukuha ng maiinom sa counter.

Muling nagtuloy sa pagkain si Sensui at gayon rin naman kami..

Pabalik na si Max sa table namin nung harangin sya nang dalawang LALAKE! Ilang hakbang nalang ang layo nya samin!

Naibaba ko pa ang kutsara't tinidor ko at bahagya ko pang naingat ang pwet ko!

"Bakit?" mahinang tanong pa ni Lee na agad na nilingon ang tinitignan ko. Ang F3 kasi ay nakatalikod sa counter at nakaharap sa Entrance, kaming magkakaibigan naman ay nakatalikod sa entrance at nakaharap sa line!

"Ano yun?" tanong pa ni Migz na sinulyapan rin si Maxpein!

Natahimik ng bahagya ang paligid at napatingin ang karamihan sa kanila!

"Pwedeng magpakilala??"

Halos mapanganga pa ako nung marinig ko ang tanong na yun nung isa sa dalawang lalaki!

May itsura----GWAPO pala sya! Matangkad at mukhang may sinasabi rin ang pamilya!

Blangko ang mukhang tinignan lang sya ni Maxpein at saka tumungga sa tubig na iniinom nya!

"A-Ako nga pala si Harlon.." pakilala nung isa. **"S-Sya naman si Potchi.. b-bestfriend ko.."**

Matangkad yung Harlon at maliit naman yung Potch! Mas gwapo yung Harlon kumpara don sa Potchi! Pero pareho silang sumisigaw ang aura'ng MABAIT sa mukha!

Palihim kong sinulyapan si Deib at bumalatay ang SELOS sa mukha nya!

Muli kong sinulyapan si Maxpein habang pinipigilan ang mga ngisi sa mukha ko.

"M-Matagal ko na kasing gustong m-magpakilala s-sayo.. n-nahihiya lang ako.. A-Ang angas kasi ng dating mo---"

NAPAHINTO SA PAGSASALITA YUNG NAGPAKILALANG HARLON NUNG ILAHAD NI MAXPEIN ANG KAMAY NYA SA KANYA!

Ganyan nga, Maxpein.. Sya naman ang patayin mo sa selos!!!! Eeeeekkkk!!!

Hindi ko malaman kung bakit meron pa rin sa loob loob kong kinikilig para sa kanila! Hahahaha!

Traydor ka Zarnaih! Traydor ka!!

"Maxpein.." pakilala pa ni Max!!!

"A-Ahh.. ang totoo, m-marami na akong alam tungkol sayo.." sabi pa nung Harlon.

"Talaga?" walang emosyong tanong pa ni Max sa kanya!

"Oo, h-hehehehe.."

"Pero mas maganda kung ako mismo ang magpapakilala sayo, di ba??" nakangiting tanong pa ni Max at biglang nagliwanag naman ang mukha ni Harlon!

"T-Talaga??"

"Mmm.."

"P-Pano?"

"Tanongin mo ko.. sasagotin ko.."

"M-May boyfriend k-ka pa ba---"

"Wala.."

PARANG AKO RIN ANG NASAKTAN!

Wala sa sarilng nailingon ko ng kusa ang ulo ko Sensui at kitang kita ang pagkakahigpit ng hawak nya sa bote ng mineral water nya!! Hindi nya nilingon sila Maxpein pero halata sa porma nyang nakikinig rin sya sa usapan nila! Hindi naman sinasadyang lakasan nila Max ang usapan nila pero dahil nga ilang hakbang nalang rin ang layo nila samin ay dinig na dinig namin sila!

Nakaramdam agad ako ng pagkahabag sa kanya!!!!

Huhuuhu! Bakit ganito ang puso ko huhuhu! Naaawa ako kay Sensui!!! Kahit nababadtrip ako sa kademonyohan nya---gusto ko talaga sya para kay Maxpein!!!!

Parang umiiyak ang puso ko para sa kanilang dalawa!

"Sa susunod na lang tayo ulit, mag-usap.. May kakausapin pa kasi ako e.." si Max.

"A-Ahh.. g-ganon ba?? I-Isa na lang.. hehehe.."

"Mmm, ano yun?"

"P-Pwede ko bang kunin ang n-number mo?"

Gulat akong napatingin kay Sensui sa biglang LINGON nito kay Maxpein!!

Waaa!!! Maloloka ako sa eksena nila!!

Makikita mo ang matindi tinding pagsalubong ng mga kilay ni Deib habang deretsong nakatingin kay Maxpein na kasalukuyan namang nakatagilid sa kanya kaya hindi sya nakikita!

Ngiting ngiti si Harlon kay Maxpein na kasalukuyan namang ganon pa rin ang dating.

"Number mo na lang ang kukunin ko.." pormal paring usal ni Maxpein at saka inilabas ang cellphone nya. **"Itype mo nalang dyan.."**

"S-Sige.. I-Itetext mo ko??"

"Oo ba.."

Hindi ko maintindihan kung sinasadya ba ni Maxpein 'to!

Hindi man bakas sa postura nyang pinagseselos nya si Deib!

Yun ang pagkakaintindi ko!

At natutuwa ako sa nakikita ko!

Humarap na muli si Deib sa pagkain nya at saka madaling ipinagpatuloy yun! Kami rin ay nagsipagbalikan na sa pagkain.

Habang si Max naman ay nakipagngitian at muling nakipagkamay don sa dalawa bago tuluyang bumalik samin! Wala syang kaalam-alam sa paglingon ni Deib sa kanya kanina!

"Migz, okay lang ba'ng puntahan ko na sila Mr. Faller ngayon?" tanong pa ni Max kay Migz.

"A-Ayy.. nako, Max, lunch time pa e.. baka naglalunch rin ang mga yon.. Kung gusto mo hintayin mo na lang kami tapos sabay sabay tayong pumunta don after namin dito.. Maupo ka muna, teh.." si Migz.

"Ganon ba? O sige.." walang emosyon na namang sabi ni Max at saka naupo sa mismong tabi ni Migz!

Sabay sabay pa kaming napalingon nung ilabas nya ang cellphone nya st nagsimulang magpipindot doon!

"W-Wag mo syang itetext.."

Sabay sabay naman kaming napalingon kay Deib!

Oh my God.. Oh my God!!

KINIKILABUTAN AKO SA NANGYAYARI!

Naghahalu-halo ang emotions ko!

Yung pakiramdam na kinakabahan ka---kinikilabutan ka---kinikilig ka!! Oo!

Yan ang nararamdaman ko ngayon!

Napatingin si Maxpein kay Deib munit nananatili paring blangko ang mukha nya! Si Deib naman ay non pa lang tumingin sa kanya!

"Wag mo syang itetext.." pag-uulit pa ni Deib!

Gumewang pa ang ulo ni Maxpein sa kanya at tinignan sya na animong hindi sya makilala!

At saka sya ngumisi at nagtuloy sa pagpipindot sa cellphone nya!

OMG..

Parang ako na naman ang nasaktan!

Sabay sabay kaming napatingin kay Deib munit bakas na bakas ang pagkapahiya sa mukha nya!

Napayuko sya sa kinakain nya munit hindi nya na ipinagpatuloy pa ang pagkain!

Inilayo nya pa ang plate nya sa sarili nya at saka tumulala. Wala ni isa sa amin ang makapagbitiw ng salita!

"Quarter na.." biglang sabi ni Max at napatingin na naman kami sa kanya. **"Baka ma-late tayo sa subjects natin, ako na lang ang pupunta kila Coach---"**

"H-Hindi na.." pigil ko sa kanya at saka lumingon sa mga plates ng iba. **"T-Tapos na rin naman kaming lahat.. Sasamahan ka na namin.."**

"Sige.. Kayo bahala.." sabi nya pa at saka nagpaumunang tumayo kaya naman dali dali rin kaming nagsipagtayuan!

Leche ka, Maxpein, ah! Kapag ikaw naging okay---ikaw naman ang gagawin kong sunud-sunuran!

Nagmamaunang maglakad ang Maxpein!

Para kaming mga tangang kumpulan at mga nakasunod sa kanya!

Oo! Kasama pa rin namin yung tatlo!

Kasabay ko si Lee habang kasabay naman ni Michiko si Tob! Magkasabay rin si BJ at Migz kaya naman, *SOLOISTA* ang eksenahan ng Deib Lohr!

Nakarating kami sa Office ni Mr. Faller at nagpaumunang pumasok si Migz. Hinintay naman namin sya sa labas ng office.

"S-Sweetiiee!!" malanding tawag ko pa kay Lee! Yung sa sobrang landi ay pati si Deib mapapalingon!

Wag kang mag-alala dahil sinadya ko yan!

"Mmm, sweetie?" si Lee.

"Date naman tayo.." nakanguso kunwaring yaya ko at nagliwanag naman ang mukha ni Lee kaya naman kinilig rin ako kahit pano.

"Sure.. Where do you wanna go??"

"Mmm.. Gusto ko lang kumain kahit saan.. Alam mo namang makasama lang kita, masaya nako!" sabi ko pa na talagang mas ipinarinig ko pa kay Deib ito!

"I know.. So, kailan mo gusto??" malambing pang tanong ni Lee.

"Mmm.. mamaya??"

"Nice.. Sige.."

"At saka bukas.. at saka sa susunod pang bukas.. at susunod pang bukas na bukas.. at sa susunod na susunod na susunod pang bukas na bukas na bukas---"

"I love you.." pigil ni Lee sa sinasabi ko!

At sa hindi inaasahan..

Eeeeeekkkk!! Kainis! Hahahahha!!

KINILIG AKO!

Oh my.. Oh my.. Oh my..

Maya maya pa ay lumabas na si Migz, kasunod si Coach.

"Ayon nga po, Coach.. Pero kasi, mas maganda pa rin kung may excuse letter na manggagaling sa inyo para po kay Max, if ever.." dinig pa naming sabi ni Migz kay Coach. Hindi naman kami nakarelate.

"Oh eto na pala sila e.." sabi pa ni Coach habang nakatingin sa quadrangle.

Kaya naman isa-isa kaming napalingon doon..

'Anong ginagawa nyan dito?!'

SI RANDALL!!

Kasama si SAMANTHA!

Inantay pa namin silang makalapit samin at saka kami napatingin sa kanilang lahat!

"Oh Del Valle.." baling ni Coach kay Max! **"Kilala mo naman na sila.. Sila ang makakasama mo sa Regionals kung sasama ka.."**

K-Kasama si Randall?!

Napatingin ako kay Randall at nginitian nya naman ako!

"K-Kasama ka??" pabulong na tanong ko pa kay Randall at nakangiting tumango naman sya!

Oh my God!

Napatingin na naman ako kay Sensui munit nananatiling nakayuko sya munit masisilip mo ang matalas na mga mata nya!

"Napag-usapan nga namin ni Migz na, hindi ka excused sa mga klase mo, dahil ang Regionals naman ay hindi naman na parte ng Academic Events natin.. Actually, ang isang 'to ay bilang participation natin sa kabuuan ng Laguna.. Pero kasi, kinausap na rin namin si Dean at ayaw nyang panghawakan ang mga salitang binitiwan ng mga namumuno sa Sportsfest na 'to.."

"Pero pano po ang safety nila Max, Coach??" tanong pa ni Migz.

"Ayun nga.. Bale, may kasama kayong mga personnel ng school natin.. Pero kasi, this time ay hindi schools ng BIS at SIS ang pangalang dadalhin nyo---kaya nga Regionals, dahil pangalan ng Laguna ang dadalhin nyo.." paliwanag pa ni Coach. **"Magsasign kayo ng waiver.. Tapos magdadala tayo ng mga magiging assistant nyo.. Hindi rin willing ang Dean na maglabas ng budget masyado para dito, kaya naman magsasama sama kayong tatlo sa kwarto---"**

"W-What?!" si Deib!

Napapahiyang napayuko rin si Deib matapos naming gulat na lingunin sya!

Nagseselos sya..

Ayon na naman yung kirot na may bahid ng awa'ng nararamdaman ko para kay Sensui.

DEIB'S POV

Magsasama sama sila sa iisang kwarto?!

Gago ba 'to si Coach!

Gusto kong tumanggi sa mga sinasabi ni Coach!

Unang una ay walang kasiguraduhan ang safety nila Taguro don!

Pangalawa, ayokong makasama nya ang Randall na yan sa iisang kwarto lang!

Hindi ko maintindihan ang mararamdaman ko!

Gusto kong magalit pero nag-aalinlangan ako!

Anong karapatan ko?! Ako ang may gusto nito, di ba?! Bakit ako magagalit!?

Kanina pagkakita ko pa lang sa mukha nya ay parang ako'ng hihimatayin sa tuwa!

Pero nung magsimula na kaming magkasama at maramdaman ko ang sobrang panlalamig nya..

Unti-unti na namang nadudurog ang puso ko..

Pero anong magagawa ko? Desisyon ko 'to e..

Nung may lumapit at nagpakilala sa kanya ay parang sasabog ang dibdib ko sa sobrang pagpipigil ng emosyon ko!

Gustong gusto ko syang lapitan para pigilan sa ginagawa nya pero hindi ko rin magawa! Natakot ako sa kanya! Natatakot ako sa panunumbat na magagawa nya!

At ngayon..

Sobrang kaba ang nararamdaman ko..

Gusto kong sumigaw sa harap nila at sabihing hindi ako papayag na sumama sya doon!

Pero sino ba ako para gawin yun??

Ikaw ang nang-iwan, Deib..

Ikaw ang nakipagbreak..

Ikaw ang nagmatigas..

Ikaw ang magdusa..

"Continue, Coach.." dinig kong sabi pa ni Taguro at naiangat ko naman kay Coach ang paningin ko.

"Sa Hotel pa rin naman tayo tutuloy, magaganda pa rin naman ang accomodation na matatanggap natin---pero hindi na yun individually.. Kung anong matatanggap ng isa ay yun lang rin ang matatanggap nating lahat.. Magsasama sama nga kayo sa isang Executive Suite pagdating nyo doon sa Venue.. Ultimong si Reycie ay makakasama nyo sa Suite, kasi ipapadala rin sya ni Dean para mabantayan kayo.." paliwanag pa ni Coach. **"Ako at ang ibang personnel ay sa isang common room lang, pero doon pa rin naman sa Hotel na yon.."**

"P-Pero hindi pa pumapayag si Max, Coach?" singit ni Parrot kaya naman biglang nabuhayan ako!

Napatingin pa ako kay Taguro munit ayon pa rin ang napakalamig na presensya nya at ang blangkong mukha nya!

"Kinausap ko rin si Dean tungkol sa issue mo, at ang desisyon nya nga ay tayo ang gagawa ng excuse letter tapos ay pipirmahan nya na lamang.. Pati ako at si Mr. Faller ay pipirma rin.. Tatlong araw tayo doon kaya naman tatlong excuse letter rin ang kinakailangan nating gawin.. Hindi daw papayag si Mr. Ciufan ng iisang excuse letter lang.. sabi ni Reycie.." paliwanag pa ni Coach at saka muling bumaling kay Taguro. **"Kailangan ko ang sagot mo ngayon, Del Valle.. Papayag ka bang sumama?? Kasi bukas ay maagang maaga ang lakad natin.."**

Tumingin ako kay Taguro at ramdam ko sa loob loob ko ang pagwewelga..

Wag kang sasama, please..

"Etong si Echavez kasi ang representative natin sa Male Division, isa lang naman kasi ang kailangan.. Tapos si Samantha at ikaw Maxpein sa Female Division dahil doubles na naman ang labanan.. Kaya kung gusto mo---"

"Sasama ako, Coach.."

TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!

Sasama ako, Coach..

Sasama ako, Coach..

Muling nagpaulit-ulit yun sa tenga ko!

Dahan dahan akong napatingin kay Taguro munit na kay Coach ang paningin nya!

Para akong nanlumo ng sobra!

Gusto kong matumba sa sobrang panghihina ko!

Maiisip ko palang na makakasama nya si Randall don..

Napayuko ako at masyadong naging malata ang pakiramdam ko..

Parang sasabog ang ulo ko sa sobrang pag-iisip..

"Oh e pano?! Sigurado ka na ba dyan, Del Valle?!" excited pang tanong ni Coach at tumango naman si Taguro. **"Pag-igihan nyong tatlo dahil scholarship ang kapalit nito.. Bukod sa cash price daw ay may trophy at scholarship kayong matatanggap.."**

"Oo nga, Coach.." nakangiting sabat ni Randall.

"So, pano?? Ayos na ba sa inyo'ng magkasama sama kayong tatlo??" tanong pa ni Coach at nakangiting nilingon naman ni Samantha at Randall si Taguro!

"Oo naman, Coach.. Close naman kami ni Maxpein.. at mas close ang dalawang yan! Hahahahahaha!" sabat pa ni Samantha!

"So sa tingin ko ay hindi nyo na kailangan pa ng practice, ano??" nakangiti pang tanong ni Coach.

"Tsh! Bukas na yun, Coach e.. Hindi na.." sabat naman ni Randall. **"May warm-up naman yun panigurado.."**

"Very good.. So, bukas.. Magkita kita tayo dito ng 5:00 sharp!!"

"Yes, Coach.." sagot nung tatlo.

"Wag kayong mag-alala, mas may budget naman tayo sa foods.." natatawang sabi pa ni Coach.

"Hindi rin naman tayo pababayaan ni Samantha at Randall, Coach.." natatawang sabi pa ni Taguro!

"Natutuwa talaga ako, Del Valle at pumayag ka.." sabi pa ni Coach kay Taguro.

"Oo naman, Coach.. Ang hinihintay ko lang naman ay yung kasiguraduhang hindi ako idadrop ng monster kong Lec.." si Taguro.

"Hahahahahaha! O sya sya, sige na.. Magsibalik na kayo sa klase nyo.." turo pa samin ni Coach. **"Kayong dalawa??"** baling pa ni Coach

kina Sam at Randall.

"Vacant ko.." si Sam.

"Tara na Sam, sumabay ka na sakin.." si Randall.

"Sige.."

"Ahh.. Pein.." biglang tawag ni Randall kay Taguro pero hindi ko na sila magawang tignan pa, pasimpleng tumalikod na lang ako. **"Susunduin na lang kita bukas sa kanto village nyo, para sabay na tayong pumunta dito.."**

"Dumeretso ka na sa bahay.. Isang deretso lang ang bahay namin simula sa gate, nasa harap kami ng mismong Park.." dinig kong sabi pa ni Taguro.

"Sige.. I'll see you tomorrow, umuwi ka na agad after ng class mo.." habilin pa ni Randall.

Parang naninikip ang dibdib ko..

Yung bagay na dapat ay ako ang gumagawa.. Tsk..

Nasasaktan ako..

Hindi ko na kaya ang mga naririnig ko..

Parang bawat salitang binibitiwan nila ay tumutusok sa dibdib ko..

Kung ito ang kapalit nung mga ginawa ko.. s-sige lang, saktan mo lang ako.. P-Pero tatalikod ako hindi dahil sinusukuan na kita.. Masyado lang masakit sa dibdib ko.. h-hindi ko kaya..

At saka ako naglakad papalayo sa kanila..

Batid kong natigilan sila sa ginawa kong paglayo munit sino man sa kanila ay hindi ako nagawang sundan..

Pigil ang emosyong naglakad ako pabalik sa building namin.. Andami daming tumatawag sakin pero wala akong nagawang pansinin maski isa.. Sa dami rin ng sinasabi nila ay hindi ko na nagawang pakinggang isa-isa.. Parang dinudurog ang puso ko..

Bakit ba kasi ang hirap hirap sa parte kong makita silang magkasama!?

Wala naman silang ginagawang masama, Deib!

Ang sabihin mo.. wala ka talagang tiwala kay Taguro!!

Hindi ko maintindihan kung bakit bawat hakbang ko ay naging mabigat para sakin..

Parang wala sa sariling narating ko ang classroom naming kakaunti pa lang rin ang tao..

Naupo ako at muling ipinasak ang earphones sa tenga ko at nakinig na lang sa musika..

Hindi naman kasi sa lahat ng oras ay magagamit ko ang salitang TIWALA.. Kahit sobrang dami ng tiwala ko, kung hindi ko naman magawang pigilan ang sarili kong masaktan.. Anong magagawa ko?

Now Playing: If She Only Knew by 98 Degrees

♫ ♪ "If she only knew.. What I knew but couldn't say.. If she could just see.. The part of me that I hid away.. If I could just hold her in my arms again.. And just say I love you.. But she's gone away, maybe she'd stay.. If she only knew.. If she could just feel.. What I feel here in my heart..She'd know it was real.." ♪ ♫

Meron sa loob loob kong naghahanap ng taong masisisi ko..

Pero ako lang ang dapat na sisihin dito..

Nagdadalawang-isip akong puntahan sya para habulin..

Nasasaktan rin ako..

♫ ♪ "Pure and true right from the start.. But I'm just a man who didn't understand.. What she was going through.. But she's gone away, maybe she'd stay.. If she only knew.. And how, how did I let her get away?? 'Cause love, love is so easy to feel.. But the hardest thing to say.." ♪ ♫

♫ ♪ "If she could just see.. What I see when I close my eyes.. All that I dream.. Surely she would realize.. But like a fool I waited much too long.. To let her know the truth.. She's gone away, maybe she'd stay.. If she only knew.." ♪ ♫

Kinakain ako ng pride ko at ayaw kong lapitan sya para suyuin..

Natatakot rin akong baka hindi nya na ako pansinin..

Itinitikom ko ang bibig ko sa twing mararamdaman kong tutulo ang luha ko..

Kalalaki mong tao--napakaiyakin mo..

Pero.. hindi ko maiwasang maging emosyonal.. Kapag si Taguro na ang iniisip ko..

Masyadong masakit sa dibdib ang isa'ng 'to..

♫ ♪ "How, how did I let her get away? 'Cause I guess that love.. Love is so easy to feel.. But the hardest thing to say.. Say, say, say, say.. If she only knew.. What I knew but could not say.. If she could just see.. The part of me that I hid away.. If I could just hold her in my arms again.. And just say I love you, "I love you!".. She's gone away, maybe she'd stay.. If she only knew, if she only knew.. Maybe she'd stay but she ran away.. Why she had to go away?? 'Cause of what I didn't say.. Don't know what to do.. Oh God how I wish that she knew.." ♪ ♫

Maya maya pa ay dumating rin sila Lee at Tob pero tinignan lang nila ako..

Kaninang umaga pa man ay tahimik na ako at walang kibo sa kanila..

Alam ko namang alam nila ang pinagdadaanan ko..

Alam nila ang ugali ko at pag ganitong tahimik lang ako..

Alam nilang ayaw kong pag-usapan ang mga bagay na pinagdadanan ko..

Mabilis na dumating ang Lec at nagsimulang magturo..

Magdamag lang akong natingin sa mga nagtuturo sa harapan..

DISCUSS

DISCUSS

DISCUSS

BREAKTIME.

Parang ayaw ko ng bumaba dahil pakiramdam ko, sa twing makikita ko si Taguro ay lalong sumasakit ang dibdib ko..

Pero wala akong choice.. Tumayo na sina Lee at Tob at saka tinawag ako.

"Tara, Deib! Baka nandon na sila Michiko.." sabi pa ni Tob kaya naman dali daling tumayo na rin ako.

"Ayos ka lang ba, Deib??" si Lee.

Yumuko lang ako at hindi na nagsalita...

"Pareho nyong pinahihirapan ang sarili nyo.. Tsh.. Pareho nyo namang alam kung pano mawawala ang sakit na nararamdaman nyo.." mahinang dagdag nya pa at napabuntong-hininga nalang ako.

"Mas madali'ng magselos kapag nasa loob kayo ng iisang relasyon, Deib.." makahulugang sabat naman ni Tob at mas lalong hindi ko naman sya pinansin.

Bumaba agad kami sa Canteen at tulad ng nakasanayan na, kaliwa't kanan na naman ang bati samin at papuri.. Kaliwa't kanan rin ang mga babae'ng papansin at mga lalaking masama ang tinign.. Maraming tao at masyadong maingay pa rin ang Canteen..

Pero meron napakalaking kulang sa kabuuan ko!

Kahit na nakasanayan ko na at paulit-ulit na lang ang buhay ko sa school na 'to..

Merong kulang sa pagkatao ko...

Taguro..

Parang tanga'ng naitingala ko ng todo ang ulo ko at pabagsak na inilaylay yun sa batok ko!

Gusto ko ng hawakan ang mga kamay mo.. Maamoy ang panlalaki mong pabango.. Ang mga pambabara mo.. Ang matatamis mong salita na tumatatak sa puso't isip ko.. Ang napakalambot mong labi..

Lumo'ng lumo ako at pakiramdam ko ay gusto ko na lang humiga ngayon sa kinatatayuan ko..

Nangingilid na naman ang mga luha ko at parang nahihirapan na akong huminga..

Gusto na kitang makasama..

"H-Huy.. A-Ayos ka lang ba??" bakas ang pag-aalala sa tono'ng tanong ni Tob.

Itiningala kong muli ang ulo ko at saka nagpakawala ng isang napakalalim na hininga at nagtuloy sa line..

Ayun na naman ang mabibigat kong hakbang..

"Ano sayo, Sir?" tanong nung server. Huminga muna ako ng malalim at saka sya muling tinignan.

"Y-Yung sandwich nalang.." sagot ko.

"Drinks, Sir?"

"Iced tea.." sagot ko at mabilis 'tong kumilos para iabot sakin ang mga yun.

Naglalakad na ako pabalik sa table nung biglang..

Nandoon na naman yung **HARLONG** na nagpakilala sa kanya kanina! Ang masama pa nun---don sya nakaupo sa pwesto ko kanina! Sa mismong harap ni Taguro!

Peste'ng Harlong 'to!

Inis akong nagtuloy sa paglalakad ko hanggang sa marating ko ang table nila Taguro!

"Excuse me.." madiing sabi ko at tiningala naman ako ng Harlong na yon.

"O-Oh.. Deib.. Hehehe.." sabi pa ni Harlong at saka tumayo. Halos magkasing tangkad lang kami kaya naman naglevel lang ang paningin namin. Tinignan ko sya ng masama. **"Dito ka ba nakaupo??"** nakangiting tanong nya pa.

Ewan ko ba kung bakit napagkaayos naman ng tanong nya munit napakasama ng dating sakin!!!!

Lumayas ka sa harap ko kung ayaw mong masaktan!

Hindi ko sya sinagot at naupo na lang ako.

Biglang tumayo si Taguro at kinuhaan sya ng upuan!

"Maupo ka.." sabi pa ni Taguro at nagliwanag naman ang mukha ng kumag na Harlong na 'to!

Buuuuuset!

"S-Salamat, M-Maxpein!" naglalaway sa pagkautal pang sabi ni Harlong!!!!

Tumayo naman si Taguro at sumenyas na oorder na sya.

Napailing naman ako at naiiwas ang paningin ko kay Harlong na ang tigas nang mukha---nakuha pang maupo sa tabe ko!

"A-Ahh, D-Deib.. A-Alam ko naman yung sa i-inyo ni M-Maxpein, pero ang d-dinig ko kasi ay b-break na kayo.. k-kaya naman naglakas-loob na akong lumapit sa kanya.." mariing usal ni Harlong sa tabi ko at hindi ko naman sya sinagot.

Matigas na matigas ang pagkakakagat ko sa sandwich ko at saka ngumuya lang ng ngumuya sa harap nya!

"A-Ahh hehehe.. H-Hindi mo kasi naitatanong.. u-unang beses pa lang na nakita ko sya.. p-para bang nakakita ako ng isang itim na anghel sa kanya! H-Hahahahaha! Ang weird ko lang, di ba?? Pero kasi.. a-alam mo yun?? Parang anghel yung mukha nya pero yung personality nya---asteg?? A-Alam mo ba yun, pare??" namamanghang tanong nya pa.

Hindi naman ako sumagot at nanatiling ngumunguya nalang.

Isang salita mo pa---yari ka sakin!

"H-Hindi ko maipaliwanag yung nararamdaman ko twing makikita ko sya---parang yung mga mata nya hinihigop yung pagkatao ko! P-Parang meron sa mga mata nya na ako lang ang nakakakita-----!!!!"

~BLAAAAG!!!~

PABAGSAK KONG INILAPAG ANG BOTE NG ICED TEA KO!!

Gulat naman akong nilingon nila Lee at Tob. Kaming apat lang ang nakaupo sa table na yung dahil um-order sila Taguro kasama yung mga kaibigan nya!

Sinamaan ko ng tingin si Harlong habang inuubos ang laman ng bibig ko!

"Sino ka ba??" malamig ang pagkakatanong ko at natigilan naman sya bago pa man ngumiti!

"A-Ahh.. h-hindi pa pala ako nakakapagpakilala.. A-Ako nga pala si Harlon.." nakangiting pakilala nya pa na tumingin pa kila Lee at Tob at saka nakipagkamay!

"Lee, pare.." si Lee.

"Tob, dre.." si Tob.

"Harlong.." mariing usal ko.

"A-Ahh.. h-hehehe.. H-Harlon lang Deib.. Harlon." nakangiting pagdidiin nya pa.

"Wala akong pakialam kung Harlon ka---Harlong ang gusto ko.." pormal na sabi ko. **"Lumayas ka sa harap ko.."**

"H-Ha?!" gulat pang tanong nya.

"Si Taguro ang gusto mong makasama, di ba?!"

"O-Oo.."

"Umalis ka sa harap ko.."

"B-Bakit??" kabadong tanong nya.

"Dahil isang salita mo pa---masasapak na kita.." madiing sabi ko at lalong natigilan sya.

"D-Deib.." dinig kong bulong pa ni Lee pero ni hindi ko man lang sya nilingon. Hindi ko inalis kay Harlong ang paningin ko.

Nanginginig sa takot na napatayo si Harlong at saka dahan dahang umalis sa harapan ko..

At doon ko lang uli ipinagpatuloy ang pagkain ko..

"L-Loko ka.. K-Kaibigan ni Maxpein yun.." dinig kong sabi pa ni Lee.

"Edi sila ang magsama.." sagot ko.

"N-Nasa table nila tayo, dre.." si Tob.

Hindi ko na sila kinibo pa at nagtuloy na lang ako sa pagkain ko.. Maya maya pa ay bumalik na sila Taguro at mga kaibigan nya..

"Oh? Nasan na si Harlon?" tanong pa ni Parrot.

"A-Ahh.. M-May lakad ata sya k-kaya umalis na.." pagsisinungaling ni Lee. Naiiwas ko naman ang paningin ko sa kanila at saka ako nagtuloy tuloy lang sa pagkain.

"Tatlong araw pala nating *'hindi'* makikita si Maxpein.." dinig kong pagpaparinig ni Migz.

"Oo nga, teh.. mami-*'miss'* ka namin.." sabi naman ni BJ bakla.

"Sure ka bang okay ka lang don na kasama mo si Kuya Randall???" sabat naman ni Michiko!

Napabuntong-hininga ako ng matinde..

Talagang may diin pa ang mga salita nila!

Hindi ko pa rin pinansin ng mga sinasabi nila at nagtuloy lang talaga ako sa pagkain.

"Nako..!!! Nako! Nako! Nako! Hahahaha! Okay na okay lang si Max don! Paniguradong hindi naman sya pababayaan don ni Randall! At isa pa---magkasama naman sila sa iisang kwarto! Yun naman si Sam wala namang pakialam yun sa mundo! Hahahaha! Kaya paniguradong matututukan ni Randall ng todo todo don si Maxpein!!! Baka nga hindi nya pa maiwan si Maxpein at 'maya't maya nya pang dikitan! Hahahaha! Kaya naman kalmadong kalmado akong nasa mabuti syang kamay kapag nandon sya sa malayo... Hehehe!!!" si PARROT.

Buseeeeet!

Talaga namang itinodo nya ang pagkakadiin diin ng mga sinabi nya!

AT TALAGANG INILALAPIT NYA PA SA MUKHA KO ANG MUKHA NYA TWING DIDIINAN NYA ANG SASABIHIN NYA!

Parrot!!!

Yung pakiramdam na nangingilid ang mga luha mo sa *GALIT* at naninikip ang dibdib mo sa *SAKIT*!

YON!

Yon ang nararamdaman ko ngayon!

Huminga ako ng sobrang lalim at saka nagtuloy muli sa pagkain munit naging napakahirap sakin!!!

"Ahh basta.. tutulungan kitang mag-ayos ng mga damit mo mamaya, Max! Kailangan.. yung magaganda ang isusuot mo hehehehe! Sasabihin ko kay Ate, pahiramin ka nung mga damit nyang *'sexy'*!!! Hahahahaha! Ang balita ko ay maraming bigtimes na pupunta don e.." si Parrot na naman!

"Manahimik ka na.." biglang sabat ni Taguro at natigilan ako.

"Psh.. Kunwari ka pang ayaw mo! Hahahaha! E ikaw nga ang nagsabi saking turuan kitang magmake-up!"

Bakit sya magmemake-up!!!

Naiangat ko ang paningin ko kay Taguro pero nakatungo sya!

"Mas gusto ko yung masosolo ko sa kwarto.." nakangising sagot ni Taguro kay Parrot at biglang nanginig sa galit ang panga ko!

~BLAAAAG!!!!~

Ibinagsak ko ang magkabilang kamay ko sa harap ni Taguro at tumingin ako sa mukha nya!

Gulat silang napatingin saking lahat munit si Taguro ay nananatiling blangko ang mukha at inosenteng tumingin sakin!

"Patayin mo na lang kaya ako!?" madiing tanong ko kay Taguro!

"Bakit?" walang reaksyong tanong nya!

Hindi ko na sila pinansin at inis akong naglakad papalabas ng Canteen na yun!

Dali dali akong umakyat sa room at nagsoundtrip!

Pinigilan ko ang mga luhang nagkukumawala sa mga mata ko!

H-Hindi ko kayang makita kang may kasamang iba Taguro..

Parang pinipiga sa sakit ang puso ko..

Naninikip ang dibdib ko at parang punong puno ang lalamunan ko na animong sasabog na ito!

Mabilis na tumakbo ang oras at hindi ko na yun pinansin. Simula nung magsimula ang panghuling klase ay hindi ko na kinausap pa sina Tob at Lee.

Nung mag-uwian rin ay nagpaumuna ako sa kanilang lumabas ng room at dumeretso sa locker ko! Agad ko na lang iniwan doon ang mga gamit ko at hindi na nag-atubili pang alalahanin kung anong mga gamit ang kakailanganin kong iuwi sa bahay. Iniwan ko ang lahat ng gamit ko at saka ako nagmadaling pumunta sa kotse ko at **UMUWI**..

Pagdating ko sa bahay..

"Omo! Ang aga aga'ng umuwi ng baby ko! Tama'ng tama! Gumawa si Mommy ng napakaaaasarap na dessert! Mag-aaral ka mamaya, di ba----"

Hindi nya natapos ang sasabihin nya..

Dahil bigla akong YUMAKAP sa kanya..

"D-Deib.. Anak.. w-what's wrong?? Huh??" nag-aalalang tanong nya pa.

Hindi agad ako nakasagot dahil hindi ko na napigilan ang mga luhang nagmamadaling umagos sa mga mata ko..

Parang sasabog na ang dibdib ko..

Hindi ko na kayang pigilan pa ang emosyon ko.. Masyado na akong nasasaktan!

"D-Deib, anak?? A-Anong nangyari??"

"K-Kung h-hindi ba sya d-deserving m-masaktan.. i-ibig bang s-sabihin nun ay d-deserving akong masaktan ng ganito, Mom??"

"H-Hindi, anak.. hindi.. D-Deib.. a-anong nangyari??"

"A-Aalis si Taguro, Mommy.. I-Iisipin ko palang na.." hindi ko na naman naituloy ang sasabihin ko dahil kinakailangan kong huminga dahil sa sobrang pag-iyak na nagagawa ko.

"Oh my God.." pabulong pang sabi nya.

"N-Naiisip ko pa lang na m-makakasama nya si R-Randall, n-nasasaktan ako, Mommy.." parang batang iyak ng iyak na usal ko pa at hinimas himas naman ni Mommy ang likod at ulo ko.

"A-Anak.."

"P-Pero dahil k-kasalanan ko 'to.. w-wala naman akong karapatan m-magreklamo.. L-Lalo na ngayon.. h-hindi ko na sya girlfriend.."

"D-Deib, anak.. B-Boyfriend ng Noona mo si Randall.. B-Bakit mo sya pinagseselosan ng ganyan??"

"H-Hindi ko alam, Mommy.. K-Kusa kong nararamdaman---hindi ko m-mapigilan.."

"Oh my God.." pabulong pang sabi nya.

Ramdam ko ang pakikisimpatya nya..

Umiyak lang ako ng umiyak.. Hindi ko alam kung gaano katagal pero nung matapos ako.. Gumaan ang pakiramdam ko.. Ako ang kusang humiwalay sa pagkakayakap kay Mommy at pilit ang mga ngiting tinignan ko sya..

"Thanks, Mommy.." pilit ang mga ngiting sabi ko pa na sinuklian nya rin ng pilit na ngiti.

"S-Sana magkaayos kayo.."

"M-Malabo na yatang mangyari yun, Mom.."

"H-Ha?? B-But w-why??"

"M-Mas cold na sya sakin ngayon.. k-kesa noon.."

"Oh my God, Deib.."

"N-Nagsisisi ako sa g-ginawa ko pero.. a-ayaw magkusa ng katawan kong balikan sya.. Nasasaktan ako ng sobra pero hindi ko maintindihan kung bakit hindi ko kayang puntahan sya at magmakaawa sa kanyang balikan ako.."

"B-Bakit, anak??"

"Hindi ko alam.." pilit ang ngiti'ng sagot ko habang nakatingin ng deretso sa mga mata nya. **"Dahil siguro.. n-nararamdaman kong.. ipinagpipilitan ko masyado ang sarili ko sa kanya.."**

Hindi nakasagot si Mommy.

Huminga ako ng malalim at saka muling tumingin sa kanya..

"S-Salamat ulit, Mom.. Gumaan yung pakiramdam ng bading mong anak.. T-Tch.. Wala e.. Iyakin ako pagdating sa kanya.. N-Nakalimutan ko ata'ng magtira para sa sarili ko.." nangingilid pa ang mga luha'ng sabi ko at saka lumapit sa kanya at humalik sa pisngi nya. **"Aakyat nako Mommy.. Kailangan kong ipagpahinga ang utak ko.. Wag nyo nakong gisingin mamaya.. Marami nakong nakain---"**

"P-Pero..."

"I'm not okay, Mom.. Pero gagawin kong okay ang sarili ko.. Yung lang naman ang choice na meron ako ngayon e.." pilit ang ngiting sabi ko at saka tinalikuran sya. **"Goodnight, Mom.."**

Ayun na naman yung mabibigat kong hakbang hanggang sa makarating sa taas..

Naligo lang ako at saka humiga sa kama ko..

Wala naman akong ginawa pero parang napakabigat ng katawan ko.. May masakit pa rin sa dibdib ko at kung anu-ano pa rin ang pumapasok sa isip ko.. Pero hindi ko na yun pinansin at natulog na lang ako..

Munit makalipas ang mahabang oras..

Naramdaman ko at naririnig ko ang dahan dahang pagbubukas ng pinto ko gamit ang susi..

Nagising ang diwa ko munit nananatiling nakapikit ang mga mata ko at hindi gumalaw ang katawan ko..

"A-Ayaw nyang kumain e.. A-Ayaw nya ring magpagising.." dinig kong bulong ni Mommy. **"L-Late na, b-buti nakarating ka pa.."** dagdag pang sabi nya.

Sino bang kausap nya?

"H-Hindi ho ko magtatagal, Tita.. Gusto ko lang syang makita.."

TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!

Muling naghabulan ang tibok ng puso ko!

Alam na alam ko kung kaninong boses yun!

"O sige, Maxi.. S-Sana maging okay na kayo.." dinig na dinig ko pang bulong ni Mommy!

"Sige ho.." bulong rin ni TAGURO!

Hindi ko iminulat ang mga mata ko at nanatili lang ako sa pwesto ko! Pinigilan gumawa ng anumang galaw dahil ayaw kong ipaalam sa kanyang gising ako! Sa sobrang bilis ng tibok ng puso ko ay parang nilalamon na nito unti-unti ang lakas ko!

Nararamdmaan ko ang dahan dahang paglapit sakin ni Taguro. Kaya naman pigil ang hiningang kinalma ko ang sarili ko..

Hanggang sa maramdaman ko ang pag-upo nya sa kama ko.. Nandoon sya sa bandang likuran ko!

Parang gustong mangilid ng mga luha ko!!

Gusto ko syang harapin at yakapin.

Taguro.. Huhuhuhuh..

BAHAGYANG NAPASINGHAP AKO NG HININGA SA BIGLAANG MARAHANG PAGHAPLOS NG MGA DALIRI NYA SA PISNGI KO!

"A-Aalis ako ng mga ilang araw.." mariing bulong nya pa habang patuloy pa rin ang paghaplos nya sa pisngi ko! **"A-Alam ko namang kahit hindi ko sabihin ay hihintayin mo ko.."** dagdag pa nya kaya naman mas kinalma ko ang sarili ko!

MATINDING PAGPIPIGIL SA SARILI ANG GINAWA KO!

Hindi na nasundan pa ang mga sinabi nya at huminto rin ang paghaplos sa pisngi ko ng mga daliri nya. Bigla ko na lang ring naramdaman ang pagtayo nya mula sa pagkakaupo sa kama! Dahan dahang bumagal ang tibok ng puso ko.

"Mahal na mahal kita, Deib.."

NAGTAYUAN NG MGA BALAHIBO KO MULA ULO HANGGANG PAA!

Matapos nyang ibulong yun ay hinalikan nya ako sa pisngi!

~KLAK!~

At narinig ko ang muling pagsara ng pinto ng kwarto ko..

Dahan dahan kong iminulat ang mga mata ko munit nananatiling nasa ganoong posisyon ako. Nakayakap sa unan at bahagyang nakadapa..

Mahal na mahal kita, Deib..

Mahal na mahal kita, Deib..

Nagpaulit-ulit sa tenga ko ang mga bulong na yun ni Taguro malapit sa mukha ko..

OceanofPDF.com

CHAPTER 146

MAX'S POV

Isang mahinang buntong-hininga ang pinakawalan ko bago pa man ako tuluyang lumapit sa kama ni Sensui..

Kinakain ako ng kaba sa dibdib ko..

Gusto kong umatras..

Pero eto na 'to e..

Wala kang magagawa dahil mahal mo sya..

Sana lang ay wag nya akong ipagtabuyan tulad nung ginawa nya nung nakaraan..

Isang buntong-hininga pa muli at saka ako lumapit sa kanya..

Napakabigat ng hiningang pinakawalan ko nung huminto ako sa harap ng kama nya..

Bahagya syang nakadapa at nakatalikod sya sa akin..

Dahan dahan akong naupo sa bandang likuran nya at saka tinitigan ang mala-anghel nyang mukha.. Bahagya pa akong napangiti nung titigan ko yun..

Parang bata..

Kitang kita ko ang paggalaw ng labi at ilong nya kapag humihinga sya..

Makapal ang pilik-mata nya.. Singkit ang mga mata.. Makinis ang balat.. Mapula ang labi.. Matangos ang ilong.. Ultimong Adam's Apple nya ay anggwapong tignan sa kanya..

Hindi ko lalo maiwasang hindi mapangiti.. At hindi ko napigilan ang sarili kong hamplosin ang napakakinis na balat na yun..

Hinayaan ko lang ang sarili kong haplos-haplusin yun at habang nakangiti..

"A-Aalis ako ng mga ilang araw.." mariing bulong ko habang patuloy pa rin ang paghaplos sa malambot na pisngi nya. **"A-Alam ko namang kahit hindi ko sabihin ay hihintayin mo ko.."**

Napabuntong-hininga pa ako..

Naalala ko yung itsura nya kanina habang kasama namin si Coach..

Tsk..

Gusto kong pagalitan ang sarili ko kung bakit ko ginawa yun..

Parang gusto kong manapak ng tao kapag nakikita kong nasasaktan sya..

At hindi ko na napigilan ang sarili ko sa mga sumunod na nangyari..

"Mahal na mahal kita, Deib.." mahinang usal ko sa bandang tenga nya at saka ko sya hinalikan sa pisngi..

Muli pa akong napangiti nung makita ko ang mukha nya at saka ko sya tinalikuran at lumabas..

Pagkababa ko ay agad akong sinalubong ni Mrs. Enrile na abot tenga na naman ang ngiti..

"A-Anong nangyari, Maxi?? N-Nagkausap ba kayo ni Deib??" excited pang tanong nya kaya naman napangiti na lang ako.

"Hindi ho.. Hindi ko na sya ginising.."

"Aish.. Bakit naman hindi, iha??"

"Mukhang mahimbing na mahimbing ang tulog nya e.. Napapalunok pa.." nakangising sagot ko pa.

"G-Ganon ba?? Ano kayang ginawa nung bata'ng yun at pagod na pagod..??" napapabuntong-hininga pang tanong nya kunwari sa sarili at saka muling humarap sakin. **"Hindi bale.. babalik ka pa naman, right??"** nakangiti na muling tanong nya.

"Oo naman, Tita.. Bale, may pupuntahan lang ako kaya mga ilang araw ko syang hindi makikita.."

"G-Ganon ba?? K-Kung ganon ay mas maganda nga sana kung magkakausap muna kayong dalawa, di ba??"

"Ayos lang ho yun.. makakausap ko naman sya pagbalik ko.."

"G-Ganon ba?" parang nanghihinayang pang tanong nya kaya naman bahagyang natawa pa ako.

"Wag kayong mag-alala, Tita.. Hindi ko iiwan ang anak nyo.." pigil ang mga ngiti'ng sabi ko at bumalatay naman ang pagkalaki-laking mata at bibig nya.

Pati ba naman sya... OA?? Tsk tsk..

Pilit ang ngiting naiganti ko sa kanya..

"O-Omo! O-Omo!!! Omo!!! Yiiee!!" kinikilig pang hiyaw nya at saka yumakap sakin!!!

"Hihihhi ang sweet sweet naman ng Maxi namiiinnn!" animong kinikilig pang sambit nya habang pahigpit ng pahigpit ang pagkakayakap sakin

"A-Ahh h-hehehe.. n-nasasakal ho ko---akk!!!"

"Yiiiiieee!!"

Woooohh! Woooohhh!

Habol habol ang hiningang napatingin pa ako sa knaya habang kinikilig kilig pa sya!!

"A-Aalis na ho ko.. m-maaga pa ko bukas.."

"O sige sige.. Yiiieeeee!! Tatandaan ko yung sinabi mo, Maxi ahh??"

"A-Ahh.. h-haha! S-Sige lang ho.."

"Sigi! Yiee!"

Napailing akong naglakad papalapit sa pinto at saka tumango sa kanya..

"I didn't know you're here??"

Nagtama ang paningin namin ni Dein nung iangat ko ang paningin ko.

"Mmm.. pauwi na rin.." mahinang sagot ko sa kanya at tumango tango naman sya sakin.

"I see.. Ihahatid na kita sa labas.." nakangiting sabi nya pa at hindi naman ako nagpahalatang nagtaka pa ako.

Muli akong tumango kay Mrs. Enrile at saka ngumiti sa kanya.

"Salamat ho sa oras nyo.. Mauna na ho ko.." paalam ko.

"O sige sige, mag-iingat ka pauwi ha?? Yung sinabi mo---hihihihi! Ssshhhh!! Ssshhhh!!!"

"A-Ahh h-hehehehe... S-Sige ho.." sabi ko pa at saka lumabas ng pinto'ng yun.

Inihatid ako ni Dein hanggang sa gate..

"Nagkausap kayo ni Deib??" nakataas pa ang dalawang kilay na tanong nya.

"Mmm.. hindi.."

"Why not?"

"Tulog sya e.."

"Mmm.. Bakit hindi mo ginising??"

"Tss..."

"Sabagay.. baka hindi makauwi kapag nagkataon.." nakangiting sabi pa ni Dein at iniiwas ko naman ang paningin ko. **"Alam kong makakasama mo bukas si Randall.."**

Kaya naman nilingon ko sya ulit munit hindi ako nagsalita..

"Alam ko namang hindi mo sya pababayaan kaya kalmado na ako---"

"Pero hindi ko rin sya iingatan.." pigil ko sa sinasabi nya at nagitla naman sya. Nakaramdam ako ng bahagyang inis munit hindi ko na

ipinahalata yun. **"Hindi mo kailangang pagselosin ang sarili mo, Dein.."** dagdag ko bahagya naman syang tumawa.

"I'm not jealous.. No longer jealous.." nakangiti at sinserong usal nya habang deretsong nakatingin sa mga mata ko. Bumuntong-hininga pa sya bago nagsalitang muli. **"Believe it or not.. hindi na talaga ako nagseselos sayo.. Kesehodang magsama pa kayo bukas sa iisang kwarto---"**

"Magkasama kami sa iisang kwarto pero hindi iisang kama ang tutulugan namin.."

"I know.." nakangiti pa ring sabi nya. **"Well, tulad nga ng sinabi ko--hindi na ako nagseselos---"**

"Edi sana hindi mo na rin sinabi 'to.."

"Come on, Pein.. I'm trying to be nice here.." nakangiti munit sinsero'ng usal nya. Bakas sa tono ng pananalita nyang nag-aalangan sya sa pakikitungo ko sa kanya.

Hindi ako nagsalita at bumuntong-hininga lang ako.

"I know what happened between you and Deib.." at saka lang ako muling tumingin sa kanya. **"Alam kong break na kayo.."**

Hindi pa rin ako nagsalita.

"Pero sana maayos nyo pa yan.. Kasi isa ako sa mga manghihinayang kapag nagkataong hindi nyo naayos yan.."

"Tss.." singhal ko.

"I'm serious, Maxpein.. Alam ko hindi ganon kadali para sayo'ng paniwalaan ako pero.. a-ang totoo.. y-yung maramdaman ko lang na hindi mo na mahal si Randall.. okay nako.." animong nakikiusap pang usal nya. Hindi naman ako sumagot. **"Alam kong mahal mo si Deib.. kahit hindi mo sabihin sakin---alam kong mahal mo ang kapatid ko.."**

"Tss.. e bakit ko naman kasi sasabihin sayo? Ano namang pakelam mo sakin?" sarkastikong tanong ko at nagsalubong na naman ang mga kilay nya, munit nananatiling malumanay ang ekspresyon ng mukha nya.

"Pein, please.. I'm trying to be nice here.. Please.. Don't be sarcastic.." pakiusap nya pa at sumeryoso naman ako ng tingin sa kanya.

"You're the who's trying to be nice here, Dein.. Not me.. Kaya kung anong gusto kong pakikitungo sayo.. tanggapin mo, you're trying to be nice, di ba??" sarkastiko'ng tanong ko at saka ako bumuntong-hininga sa harap nya. **"You don't really have to do this.. Because if you really want to be nice.. sana noon pa sinimulan mo na.."** dagdag ko pa at saka tinalikuran sya.

"P-Pein.." dinig kong tawag nya munit hindi ko na sya pinansin.

Sumakay ako sa motor ko at saka isinuot ang helmet ko.

"M-Mahal ka ni Deib.. A-Alam kong mahal mo rin sya so please.. d-don't give up on him.." dinig kong sabi nya pa munit hindi ko na yun pinansin pa at mabilis ko ng pinaandar ang motor ko..

~BRRRRRROOOOOOOOOOOMM!!!~

Bago mo intindihin ang lovelife ko.. intindihin mo muna ang iyo.. Lumilihis e.. Tsk tsk..

At saka ako dumeretso sa bahay..

"Oh!? Bakit ngayon ka lang!?" si Naih. **"Kauuwi lang ni Lee e.."**

"Ahh talaga..?" naisagot ko lang at saka naupo sa sofa**. "Kapagod.."**

"Saan ka ba kasi galing?!"

"Kay Sensui.."

"T-Talaga?!"

Hindi ko na sya sinagot.. Tulad ng dati, nagsindi ako ng sigarilyo at tumingala sa kisame.

"T-Teka! Teka! I-Ikukuwa kitang tubig!" sabi nya pa at saka nagmadaling pumunta ng kusina.

Tss.. Anong trip nun?

Hindi ko na sya pinansin at muli ko na lang inalala yung itsura ni Sensui kanina..

Mukhang tanga..

"Oh Max! Eto.. inom ka!" excited pang sabi ni Naih at ininom ko nga ang tubig na yun. **"Oh ano?? N-Nakapag-usap ba kayo?? A-Anong sabi nya?? Okay na ba kayo ha?!"**

"Wag ka ngang matanong.."

"Anoo nga!!" sigaw nya pa.

"Tsk.. hindi kami nag-usap.."

"E ano lang!?"

"May sinabi lang ako sa kanya.."

"A-Ano naman yun!?"

"Sakin na lang yun.."

"Sabihin mo na!"

"Sakin na nga lang yun! Wag ka ngang makulet.."

"Max naman?!" parang nagsusumamo pang usal nya!

"Tsk.. basta.. Sinabi kong a-aalis ako ng mga ilang-araw.."

"Yun lang!?"

"Y-Yun lang---"

"Meron pa e!"

"Y-Yun nga lang.."

"Meron pa yan! Nararamdaman ko! Sabihin mo sakin ngayon kung ayaw mong sugurin ko si Sensui don ngayon! Ano nga yon!"

"Wag ka ng makulet---"

"Ano sabeeeeeee!!!"

"S-Sinabi kong mahal ko sya! Manahimik ka na!" sigaw ko at saka ako tumayo at tinalikuran sya!

Masyadong maingay! Tsk!

"Oh my God!!" malakas na sigaw nya!

"A-Ano ba!" sigaw ko sa kanya! **"Gabing gabi na kung makasigaw ka!"**

"Oh my God! S-Sinabi mo talaga yun?!" tanong nya pa munit hindi na ako sumagot!

Naglakad ako papalapit sa hagdanan at saka nagsimulang umakyat! Munit dali dali syang lumapit sakin at hinipa pa ako sa kamay!

Siraulo talaga 'to.. Tsk tsk!

"Sinabi mo talaga yun sa kanya?!"

"Oo nga!"

"Oh my Go---"

"Tigilan mo nga ko kaka-Oh my God mo dyan---Ang ingay mo!"

"Kyaa!!! Eeeeeeeekkkk!!! Ikaw ah!!!!" sabi nya na tinusok pa ako sa braso! **"Talagang inilalabas mo kay Deib yung talento mo sa paglalambing ah! Ikaw ah! Ikaw ah! Ikaw ah!"**

"W-Wag ka ngang makulet---"

"Oh e anong sagot nya?!"

"Wala.."

"W-Wala?!"

"Wala.."

"B-Bakit wala?!"

"Tulog sya.."

"Aish! Bakit hindi mo ginising?!"

"Tulog nga!"

"Edi sana nga ginising mo!"

"E natutulog nga!"

"King ina ka, Maxpein ah!!!" sigaw nya na nakaduro pa sa mismong mukha ko! **"Kinakausap kita ng maayos---sumagot ka ng maayos!!!"**

Nagulat ako sa mukha nya bigla! Numinipis pa ang mga labi nya sa sobrang galet! Bukang buka ang bibig at luluwa na ang mga mata!

"Kinilig ka o hinde!!!??" sigaw nya pa!

"H-Ha??"

"Kinilieg ka.... o hinde?!" nagtitimpi kunwaring tanong nya pa.

"H-Hinde.."

"Hinde!?"

"Hinde.."

"Anaaaaakkk ka ng kagang kahit kelan!!!!!" sigaw nya na tinuktok pa ang sintido ko!

Ano bang sinasabi nya?!

"Tss.. bakit ako ang kikiligin---e ako yung pumunta don sa kanya?! Ako yung nagsabi'ng mahal ko sya---tapos ako pa yung kikiligin!? Siraulo ka ba?!" inis na tanong ko sa kanya!

"Psh! Syempre---kahit ikaw ang gumawa---kikiligin ka dahil paniguradong kikiligin yun si Sensui!!!"

"Tss.. Ano namang nakakakilig don sa ginawa ko?" nakangusong tanong ko.

"Jusko ka---Wala! Walang nakakilig don! Kumuha ka ng lubed magbigti ka sa kwarto mo! Leche ka!"

"Ewan ko sayo.." sabi ko pa at saka nagsimulang umakyat.

"Ayusin mo yang sa inyo ni Deib ah!!!"

Nanlaki ang mga mata ko at napahinto ako sa pag-akyat..

Dahan dahan akong lumingon sa kanya at nakapamewang sya sakin nung magharap kami.

"A-Ano kamo??" nabibingi kunwaring tanong ko pa.

"Ayusin mo---yung sa inyo ni Deib!!!!" sigaw na naman nya! Kaya naman tumango-tango ako na tumingin sa iba at umastang kunwaring naiintindihan sya. At saka ako muling tumingin sa kanya at saka ngumisi.

"E bugarets ka pala e! Ikaw 'tong galit na galit nung nag-away kami tapos ngayon---yan ang sasabihin mo saken!? E kung ikaw ang ibigti ko?!"

"P-Psh.. H-Hindi mo kasi alam yung n-naramdaman ko n-nung makita kong m-malungkot si Deib.." nakangusong pagdadahilan nya

kaya naman nakapasok ang dalawang kamay sa bulsang naglakad ako pababa papalapit sa kanya. Umiilag na sya paatras habang papalapit ako.

"A-Anong gagawin m-mo??" natatakot pa kunwaring tanong nya.

"Hindi ba't ikaw ang nagsabing wag na akong lalapitan ni Sensui?? Ano ngayon yang sinasabi mo??" maangas na tanong ko.

"W-Wag kang lumapit sakin.."

"Sating dalawa.. mas galit na galit ka pa.. Nasan na ngayon yung galit mo..??"

"E-Eh ikaw n-naman yung k-kusang lumapit sa kanya.."

"Tss.. Uhm!" inambaan ko sya at iniharang nya naman yung dalawang kamay nya sa ulo nya! **"Wag mo ng sasapakin si Sensui---kung ayaw mong makita ang kalansay ng Lee mo.."** natatawang banta ko sa kanya at saka ko sya tinalikuran at muling umakyat. **"Matutulog nako.. Maaga pa kami bukas.. isara mo yung gate at saka pinto.."**

"Pakyu! Goodnight!" natatawang sigaw nya at ngumiti na lang ako habang naglalakad papasok sa kwarto ko.

Tumahimik na naman ang paligid ko. Hinubad ko ang uniform at sapatos ko at saka ako naupo sa kama ko. Kinuha ko ang cellphone ko at saka tinignan kung may nagtext doon.

One Message Received
~Maxwell~
Balita ko kay Naih may lakad
ka bukas?? Nagpaalam ka
na ba kila Dad??? Text mo ko
kapag nabasa mo 'to.
Tatawag ako..
7:48pm

One Message Received
~Maxwell~
Nakausap mo na ba si Dad??
8:00pm

One Message Received
~Maxwell~
Sobrang busy mo naman??
Hindi ka ba makapagtext
maski isa lang dyan??

Please?? =)
9:00pm
One Message Receved
~Maxwell~
Pein, wag kang aalis ng walang paalam kila Dad, Mokz at Chairman.. Okay?? Magpaalam ka pa rin kung saan ka pupunta. Sabi ni Zarnaih ay 3 days yun.. Kaya magpaalam ka.. Okay??
10:00pm
d-.-b

Wala man lang syang text maski isa..

Napabuntong-hininga ako sa isiping yun..

Dati rati kasi ay puro text nya ang nababasa ko.. Bukod sa kanya, wala ng iba.. Madalang naman kasing magtext sila Maxwell.. Si Naih naman ay madalas ko ring kasama kaya hindi na namin kailangang magcellphone sa isa't isa.

Tumingin ako sa wallclock para malaman kung anong oras na..

11:00pm..

"Gising pa naman siguro yun.." bulong ko pa at saka nagdial sa cellphone ko.

Maya maya lang..

"Yoboseyo?" si Daddy.

"Mmm.. Na-ya.." sagot ko.

Translation: It's me..

"Maxpein.. It's late.." sabi nya pa.

"Mmm.. Magpapaalam lang ako.." sabi ko pa.

"Magpapaalam?? Saan?"

"Pupunta ako ng Regionals.. May aattend-an akong Sportsfest at isa ako sa mga representatives ng Laguna.."

"Talaga? Kailan??"

"Bukas.."

"Activity ba ng school nyo yan??"

"Hinde.."

"Oh e bakit sasama ka pa??"

"May scholarship na kasama yun kaya papatulan ko.."

"Pein, watch your words.."

Bumuntong-hininga nalang ako.

"Anyway, paniguradong makakakuha ka lang ng scholarship kung mananalo kayo, hindi ba?"

"Mmm.."

"So kailangan mo pa munang manalo bago ka makakuha ng scholarship---"

"Syempre.. Tss.. Antok na antok ka na ba, Dad??" natatawang tanong ko.

"Kinaklaro ko lang.." natatawa ring sabi nya. **"Mabuti naman at naisip mong magpaalam.. dahil kung hindi magtatampo talaga ako kung pupunta ka don ng walang paalam.."**

"Wala naman akong balak magpaalam.. nalaman lang kasi ni Maxwell kaya inutusan nya akong magpaalam sa inyo.."

"Nakita mo na---kung hindi pa ipaalala ng Kuya mo hindi mo magagawang magpaalam.."

"Wag ka ng magtampu-tampuhan dahil nagpapaalam na nga ako.. Tss.."

"Loko'ng bata 'to.. Oh, how's school?"

"Nakatayo pa rin.." biro ko.

"Tsk tsk.. Maxpein?!"

"I'm just joking.. are you too old for that??" natatawang biro ko.

"I'm talking about the bullies.. Hindi ko makakalimutan ang nangyari sayo sa mismong party ni Deib Lohr.."

"I don't wanna talk about it.." biglang seryosong usal ko at napabuntong-hininga naman sya.

"Arasseo.. Arasseo.." walang choice na sagot nya.

"Mmm.. Sige na, magpapahinga nako.. Maaga pa kami bukas.."

"Mmm.. Sige.. Tawagan mo ko pagdating mo don.. Salamat sa tawag mo.."

"Basta ikaw..."

"Mag-iingat ka, okay?? Dalhin mo ang ATM mo---"

"Hindi na.. Kasasahod ko lang kahapon.." nakangiting sabi ko pa. **"Sige na, matulog ka na rin.. Goodnight.."**

"Goodnight, Pein.."

~TOOT! TOOT!~

At ibinaba ko na ang linya..

Compose Message
To: ~Maxwell~
Nagpaalam na ko.
Goodnight.
Message Sent!

Naligo lang ako at nag-ayos ng mga gamit na dadalin ko bukas at saka ako natulog..

♥ K ♥ I ♥ N ♥ A ♥ B ♥ U ♥ K ♥ A ♥ S ♥ A ♥ N ♥

~TENENEN! TENENEN! TENENEN! TENENEN! TENENEN!~

Nag-alarm ang alarm clock ko..

Mabilis akong kumilos at naligo..

Maya maya pa ay nagbibihis na ako..

~RING! RING! RING!~

~Randall Calling. . .~

"Oh?" humihikab pang sagot ko.

"Nandito na ako sa harap ng bahay nyo.." si Randall. Tumingin pa muna ako sa orasan at saka nagsalita.

"Mmm.. sige, pababa nako.."

"Sige.." sabi pa nya at saka ko ibinaba ang linya.

Pumunta pa muna ako sa kwarto ni Naih.

"Woi.." gising ko sa kanya.

"Mmm..??" ungot nya.

"Sibat nako.." sabi ko.

"Mmm.." mariing sagot nya at nangiti naman ako. **"Ingat.."** tutulog tulog pang dagdag nya.

"Geh.." sabi ko pa at saka iniwan sya at saka ako bumaba.

Nakasandal si Randall sa kotse nya pagbaba ko. Magkakrus ang dalawang kamay at saka nakangiting sinalubong ako.

"Good morning.." nakangiting bati nya pa.

"Mmm.. morning.."

"Akina yung gamit mo.." sabi nya pa at saka kusang lumapit sakin at kinuha yun.

Hindi naman na ako sumagot. Iniwan nya yun sa compartment at saka binuksan ang likod na pinto.

Medyo nagtaka naman ako.

"Ahh.. Ihahatid lang tayo ng driver ko.." nakangiting sabi nya pa kaya naman tumango ako at saka sumakay. Kasunod ko'y sumakay rin sya sa tabi

ko. **"Tara na, Carlito.."**

"Yes, Sir.." tugon ng driver.

"Kasi kung ako ang magdadrive ay walang mag-uuwi ng kotse ko.. hindi ko alam kung san ko iiwan.." nakangiting baling pa sakin ni Randall.

"Ahh.."

"Kumain ka na?"

"Mmm.. hindi pa.."

"Gusto mo bang kumain muna tayo? Maaga pa naman.." sabi nya kaya naman tumingin pa ako sa relos ko.

Quarter to 5:00am pa lang..

"S-Sige.." sabi ko pa at ngumiti lang sya.

"Daan muna tayo sa Cafe Jang.." sabi pa nya sa driver at tumango naman ito.

Nakatingin lang ako sa labas ng sasakyan habang tinatahak namin ang daan papunta sa kung saan..

"How are you feeling??" tanong nya pa kaya naman nilingon ko na naman sya.

"I'm good.."

"Mmm.. that's nice.. Okay na ba kayo ni... D-Deib??"

Hindi ako sumagot..

"I guess, you don't want to talk about it.." napapabuntong-hiningang sabi nya pa at tumingin lang ulit ako sa labas. **"Paniguradong m-magseselos lalo yun.. Alam naman nyang magkasama tayo di ba??"**

"Mmm.."

"Tsh.. Hahahah.. Ayaw mo ba akong kasama??"

"H-Huh??" takang tanong ko pa.

"Ang tipid mong sumagot e.. parang ayaw mo kong kasama.."

"Tss.. wala naman akong choice di ba??" pilit ang ngiting sabi ko pa.

Tumingin na lang ulit ako sa daan..

RANDALL'S POV

She's so cold..

Pakiramdam ko tuloy..

Ayaw nya akong kasama..

Bakit naman kaya?!

Nakaramdam tuloy ako ng hiya nung maalala ko yung napag-usapan namin nung nakaraan..

Bagay na naging dahilan kung bakit sila GANYAN ni Deib ngayon...

Maya maya pa ay nasa Cafe Jang na kami.. Isa'ng 24 hours Coffee Shop and Resto..

"Good morning, Ma'am.. Sir.." bati pa samin nung waiter.

"Good morning.." bati ko rin, hindi naman sya pinansin pa ni Pein.

"Table for two, Sir??" tanong pa nito at tumango naman ako. **"This way, Sir.."**

Naupo kami sa pandalawahang table na malapit sa Aircon..

"Medyo malamig sa byahe.. Sana nag-jacket ka.." sabi ko pa habang nagtitingin kami sa Menu.

"May dala akong jacket.." sabi nya pa habang nagtitingin rin.

"What do you want to have?" tanong ko pa.

"Gusto ko ng kanin.." sagot nya pa habang nagtitingin pa rin, bahagya naman akong nangiti.

"You should take care of your figure.. baka tumaba ka ulit nyan.."

"Mmm.. wala namang may pakelam kung tumaba ako.."

"Okay lang ba kay Deib kahit mataba ka?"

"Siguro.."

"Hahahah.. that's cool.."

Nakangiting sinenyasan ko yung waiter at agad naman 'tong lumapit samin.

"Two Raspberry Cream Cheese Pan-Crepes, Two Raspberry Oatmeal Smoothies, Two Cranberry Vanilla Coconut Coffee Cake and One Fried Chicken, Ham and Egg Breakfast Set.. Thank you.." sabi ko dun sa waiter. Inulit lang nya ang order ko at saka umalis.

"Andami naman nun?" takang tanong ni Pein, nginitian ko naman sya.

"Baka gutom ka e.."

"Hindi ka nag-rice?"

"Mmm.. hindi na, kumain ako sa bahay bago umalis.."

"Edi busog ka? Sana nga hindi mo na dinamihan ang in-order mo.."

"Konti lang rin naman ang servings nila ng desserts dito.. Hahahaha! Wag ka ng magreklamo, magugustohan mo lahat yun.."

"Gusto ko ng coffee.."

"Ahh, ganon ba??" napapahiyang sabi ko pa at saka muling sumenyas sa waiter. Agad naman 'tong lumapit ulit samin. **"And one Espresso, please.."**

"Okay, Sir.." sabi pa nung waiter at saka umalis.

Mabilis na nai-serve ang pagkain namin at maya maya lang ay kumakain na kami.

"Nagawa ba nating makapagbreakfast ng sabay noon??" nakangiting tanong ko pa habang pinapanood syang maganang kumain. **"Hindi ko na kasi matandaan e.."**

Tumingala sya munit nasa iba ang paningin nya, animong nag-iisip na napangiwi pa sya habang ngumunguya, at saka sya umiling.

"Parang hindi.."

"Talaga?"

"Mmm.."

"Kung ganon ay una pala 'to.." natutuwang sabi ko pa at saka humiwa sa cake. **"You should try this.. masarap.."** sabi ko pa at saka inialok sa kanya ang hiniwa ko.

Gulat naman syang napatingin sa kamay ko habang dahan dahang nahihinto sya sa pagnguya.. Tumango pa ko na senyas para tanggapin nya yun..

Munit kinuha nya ang teaspoon at saka kusang isinubo..

"Mmm.. masarap nga.." sabi nya pa at saka muling nagtuloy sa pagkain nya ng rice.

"Madalas ako dito.. kaso, kadalasan rin ay mag-isa ako.." napapangiti pang kwento ko. **"Nung una lang ako may kasama.."**

Hindi sya kumibo kaya naman napangiti na lang ulit ako..

At saka ako luminga pa sa paligid..

"Dito kami madalas ni Maxwell noon.." dagdag ko pa kaya natigilan sya ng bahagya at saka ngumunguyang tumingin sakin.

"Hindi pa rin kayo okay?" pormal na tanong nya kaya bahagya akong natawa.

"Hindi na ata mangyayari yun.."

"Mangyayari yun.. kung gugustohin mo.."

Napailing ako bigla.

"H-Hindi naman kasi ganon kadaling ibalik yung friendship namin dati.." depensa ko.

"Maaaring hindi ganon kadali.. pero maibabalik nyo pa rin.. Willingness lang ang labanan.."

"Yeah right.." animong walang ganang sagot ko.

"Wag mo kasing tignan ang kapatid ko bilang katunggali mo.."

Napailing ako sa napakaprangkang linya nyang yun!

Hindi ako nakasagot!

"Sa pagkakaalam ko ay.. wala na yun kay Maxwell.. Ikaw na lang talaga ang problema.."

"P-Pein.."

"Kalimutan mo na yung nakaraan at makipag-ayos ka na sa kanya.. Kawawa naman kayong dalawa, pareho kayong walang kaibigan maliban sa isa't-isa.. Tss.."

"M-May kaibigan pa rin naman ako.."

"Okay.."

Yun lang at hindi na kami nagkibuan pa ulit. Pero pareho naming inubos yung lahat ng inorder ko at nung matapos ay nagtake-out lang ako para sa driver ko at para kay Rhumzell at saka kami pumunta sa BIS.

"Oh, Carlito.. Sabihin mo kay Rhumzell ay pinabibigay ko yan.. para kainin nya.." sabi ko pa sa driver ko.

"Yes, Sir.."

"Kumain ka na rin pagkarating mo sa bahay.."

"Yes, Sir.."

"Sige na, mauna ka na.." sabi ko pa at saka nya ako tinanguan.

"Ingat, Sir.."

"Ingat rin.."

Ako ang nagdala ng bag ni Pein habang hila hila ko ang maleta ko.

Madilim pa ang daan papasok ng BIS, pero may ilaw na rin nung makapasok kami sa gate.

"Good morning, Sir!" bati pa samin nung guard.

"Good morning.." bati ko rin at saka kami nagtuloy tuloy papasok..

Don ko lang napansin ang tako ni Pein.. napangiti pa ako nung maalala kong yun sana ang ireregalo nya sakin nung araw na yun..

"Pwede ko bang gamitin yan??" nakangiting tanong ko at nilingon nya naman ako. Bahagya syang nauuna sakin.

"Alin?"

"Yang tako mo.."

"Ahh.. ito?? Mmm, sige.."

"Talaga??" excited na tanong ko pa.

"Kung hindi naman sabay ang laro natin e.. sige.."

"Hindi naman kaya magbago ang tira ko nun??" napapaisip na tanong ko pa sa sarili. **"Sige.. hehehehe! Pahiram ako ah??"**

"Mmm.."

Naglakad kami papasok hanggang sa marating namin ang quadrangle ng BIS..

Nandoon na ang Mini School Bus ng BIS.. May ilang na ring tao na nandoon at nandon na rin si Coach..

"Oh.. Nandito na pala kayo.." salubong pa samin ni Coach.

"Morning, Coach.." nakangiting bati ko sa kanya.

"Good morning.. Good morning, Del Valle.." bati nya pa kay Pein na tinanguan lang sya. **"Oh.. are you guys ready!?"**

"Si Sam po, Coach?"

"Nandoon na sa loob ng bus.."

"I see.. Yes, Coach! We're ready.."

"Good.. Let's go..." sabi pa ni Coach at saka kami pinaunang pumasok ng bus.

Nakangiti naman kaming sinalubong ni Sam na nasa unahan lang ng bus.

"Good morning, couple!" si Sam.

"Hahahahah! Loko.." biro ko sa kanya. **"Dyan ka??"**

"Mmm.. gusto kong makita yung daan papunta don.. Dinala ko ang Camera ko para may mailagay akong ebidensya sa blog ko.. para makita ng mga fans hehehehe.." si Sam. **"Morning, Maxpein!"**

"Mmm.. morning..." si Pein.

"Dito na lang kayo sa katabing seat.." turo nya pa don sa pangtatluhang seat na katapat ng pangdalawang seat na inuupuan nya.

Nakangiti naman akong nilingon si Pein..

Pero nagderederetso sya sa may kasunod ng kasunod na seat..

May isang hilera tuloy sa pagitan namin..

"Bakit nandyan ka, Del Valle??" takang tanong ni Coach sa kanya.

"Ayaw nya ng maingay, Coach hahahaha.." sabat ni Sam.

"Ganon ba? O sige.. matulog ka dyan.. mukhang inaantok ka pa.." sabi pa ni Coach na nginitian sya. Hindi naman sumagot si Pein.

Maya maya pa ay isa-isang nagsisakayan ang iba.

"Ahh Sam, Randall.. Sya nga pala si Miss Reycie.. Secretary sya ni Dean Enrile.. Sya ang makakasama nyo mamaya sa room nyo.."

"Good morning, Miss.." bati namin ni Sam sa kanya at tinanguan nya naman kami sabay ngiti.

"Good morning.. Doon na lang ako sa harapan ni Miss Del Valle, Coach.."

"Sige, Miss Reycie.." sabi pa ni Coach. **"Tara, Boss!!"** baling ni Coach sa driver.

Maya maya pa ay nagbabyahe na kami..

Hindi ako mapakali sa inuupuan ko..

Gusto kong makita kung anong ginagawa ni Maxpein doon sa likod..

Panay ang kuha sa Camera ni Sam habang nasa daan.. Si Coach naman ay lilinga linga lang rin sa daanan namin.. Si Miss Reycie ay tahimik lang habang yung ibang kasama pa namin ay nakikinig ng sounds sa kani-kanilang players..

Marahan akong tumayo at saka nakahawak sa mga upuan na lumipat ako sa katapat na seat nung inuupuan ni Pein..

Napangiti pa ako nung makita kong inihiga nya ang kalahating katawan nya sa kabuuan nung tatluhang seat na inuupuan nya.. Ang likod nya ay bahagyang nakasandal pa sa bintana sa tabi nya.

Walang pinagbago.. antukin pa rin..

Hindi ko naiwasang mapangiti lalo sa isiping yun..

Gumaya ako sa posisyon nya at saka magdamag na tumitig sa kaya..

DEIB'S POV

Nagising ako ng maaga pa sa alarm clock ko.

Kaya naman pagkabangon ay inalis ko ang alarm nun at saka ako uminom ng tubig..

Humikab pa ako ng isa bago muling napaisip..

Napahawak pa ako sa pisngi ko at saka marahang hinaplos yun..

Mahal na mahal kita, Deib..

Napabuntong-hininga ako sa sarili kong naisip.

Tumingin ako sa orasan at nakita kong 6:00am na...

Nakaalis na siguro sila..

Parang nanikip na naman ang dibdib ko nung maalala kong magkasama sila..

Napahilamos ako sa mukha ko at saka bahagyang nagmukmok..

Wag na wag kang magkakamaling kalimutan ako, Taguro.. Lagot ka talaga sakin!!

Muli akong napabuntong-hininga at saka ako pumasok sa Washroom at nagsipilyo..

Matapos nun ay saka ako bumaba at gulat naman akong sinalubong ni Manang.

"Oh.. ang aga mo naman yata??" salubong pa sakin ni Manang. Naramdaman kong wala ako masyado sa mood kaya nahihirapan akong ngumiti.

"Andami kong tulog e.." sagot ko at saka lumapit sa cabinet at kumuha ng tasa para magtimpla ng coffee.

"Ako na dyan, titimplahan kitang kape.." prisinta ni Manang kaya naman binitiwan ko ang teaspoon at nagbukas ng ref. **"Anong gusto mong kainin?? Tamang tama.. tapos ko na ang mga rekados.. Ipagsasangag kita ng kanin.."**

"Sige po.." sabi ko at saka ako naglakad papunta sa sala.

Binuksan ko ang TV at saka ako nagtingin sa balita..

"Isang bagyo ang mananalasa sa kabuuan ng Luzon mamayang alas diyes ng umaga, ayon sa PAG-ASA.. Inaabisuhan ang lahat na magdala ng kani-kanilang payong, kapote o kung ano mang magagamit bilang proteksyon sa katawan laban sa ulan. Pinapaalalahanan rin ang lahat na ugaliing maging maingat kapag ganito ang panahon para iwas disgrasya at sakuna. Pinapaalalahanan rin ang mga magulang ng mga mag-aaral ng Elementarya na huwag ng papasukin ang inyo-inyong mga anak. Ang mga nasa high school at kolehiyo ay aabisuhan ng kani-kanilang mga paaralan kung suspendido ang klase. Maanong antabayanan ang mga susunod pang mga balita mamaya sa Oras Oras May Balita! Ako po si Maxine Lat Calibuso---NAGPAPATROL!!"

"Tch! Kung kailan may bagyo---saka sila nagpa-Sportsfest!? Sino ba'ng nagpauso nyan?! Tch.. Hindi kaya yung Daddy nang gunggong na si Choco?? Tsk.."

Napailing ako sa naisip ko..

Nakaramdam agad ako ng pag-aalala kay Taguro!

Pano kung maulanan na naman sya at magkasakit! Ang yabang yabang---sakitin!

Para na naman akong nasaktan sa isiping yun..

Maiisip ko pa lang na si Randall ang mag-aalaga at aasikaso sa kanya don ay parang gusto kong malagutan nalang ng hininga!

Badtrip.. Tsk!

Mahal ko.. wag kang magkakasakit.. Huhuhu..

"Baby!!!"

Gulat akong napatingala sa hagdanan!

At nakita ko si Mommy na nakasuot pa ng robe nya at nakalapat ang magkabilang braso na patakbong bumaba papalapit sakin!

Yumakap pa sya sakin nung makalapit sya!

"Ang gwapo gwapo ng baby ko.. Uuuuhhhm!!"

Madiin pang hinalikan nya ako sa pisngi!

"M-Mom.." ingit ko na pinunasan pa ang pisngi ko!

Dyan ako hinawakan ni Taguro e! Tsk! Baka mabura yung hawak nung daliri nya, badtrip!

"Ang sungit sungit naman ng baby ko.. Ang aga aga nakanguso ka.. Uhm!" sabi nya pa na bahagyang pinalo ang labi ko. **"Why so early??"**

"Andami ko ng tulog.."

"Ch! Hindi mo tuloy nakita si Maxi!"

Hindi na ako kumibo!

Tumingin sya ng masama sakin na bahagya ring nakanguso at saka napalitan yun ng nakakalokong tingin at ngiti!

"May nalaman ako.. hindi ko sasabihin!!! Hihihihih!"

"A-Ano yun, Mom??"

"Ch! Hindi ko nga sasabihin!" pagmamatigas nya pa!

"Sabihin mo na, Mom!"

"Sshh!! Your Dad's sleeping!"

"Sabihin mo na, Mommy.. Please??"

"No.."

"Mom??"

"No.."

"Tsk.." singhal ko. At saka muling ngumuso.

"Hihihihihi ang cute cute talaga ng bunso ko---"

"No.." pagmamaktol ko.

"Aaahhh.. Come on, baby.. I can't tell it to you.. I promised Maxi na samin lang yun!"

"P-Pinagkakaisahan nyo ko, Mom!"

"W-What?? B-Baby, anong pinagkakaisahan?! Hihihihi!!" bumubungisngis pang tanong nya!

"Ano nga kasi yun??" inis na tanong ko.

"Wala nga yon.. Binibiro lang kita e.." nakangiting sabi nya pa na ginulo ang buhok ko! Tinignan ko sya ng masama!

"You're lying, Mom.."

"No, baby.. No.."

"Tch!"

"Oh.. Deblor! Halina't kumain ka na.." biglang sabat ni Manang na lumabas pa mula sa kusina!

Kaya naman nakangusong tinignan ko si Mommy habang papatayo ako at saka inis kunwaring iniwan ko sya!

"Baby!" habol nya sakin pero napangiti na lang ako.

Pero.. ano naman kaya yung sikreto nila ni Taguro?! Tsk! Baka pinagpalit nako nun ah!

Sabay sabay kaming kumain nila Mommy at ni Manag. Hindi naman na nila ako kinausap pa tungkol kay Taguro dahil alam kong ramdam nilang wala ako sa wisyo. Pero si Mommy ay nakakaloko pa rin ang tingin at ngingisi ngisi sa harap ko kaya naman magdamag akong nakanguso habang kumakain ng breakfast ko.

Nung matapos kong kumain ay umakyat na ako sa kwarto ko at naligo..

Nagbreakfast na kaya sya?

Nailaylay ko na naman sa likuran ko ang isiping yun!

"Miss na miss ko na sya!!!" nagmamaktol pang sabi ko habang ang tubig mula sa shower ay nakatutok lang sa mukha ko! **"Tsk! Tagurooo!!!"** padabog pang sabi ko na kunwari pang umiiyak!

Mahal na mahal kita, Deib..

Yun na nga ang nakakabadtrip e! Mahal na mahal mo ko pero si Randall na naman ang kasama mo!!

Kung hindi kaya ako naging bading at di ko sya inaway away ay magkakasama sila ni Randall ngayon?!

"Malamang! Malamang pa rin! Tsk! Sa sobrang kayabangan---lahat ino-oo-han! Badtrip!"

Mas gusto ko yung masosolo ko sa kwarto..

Nagpaulit-ulit sa tenga ko yung sinabi nya kahapon!

Siraulo!

Mabilis kong tinapos ang paliligo ko!

At mabilis rin akong nagbihis ng uniform ko! Maya maya pa ay paikot ikot na lang ako sa kwarto habang hawak hawak ang cellphone ko.

Tatawagan ko ba sya?!

Anong sasabihin ko?! Tsk!

"Aiiissh!!!" gigil na sabunot ko sa ulo ko! **"Gusto ko syang makausap!!"** inis na sabi ko at saka dali daling dinial ang number ni Taguro!

Sana sagutin nya---sana sagutin nya---sana saguting nya---

"Oh?"

TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!

A-Anong OH!?

Parang ayaw namang tumanggap ng tawag neto! Tsk!

"Woi.." sabi nya na naman sa kabilang linya!

"N-Napindot ko lang y-yung button.. n-natawagan yung number mo.." pagsisinungaling ko!

Bopols!

"Tss.."

"S-Sige na.. B-Bye bye---"

"Wag kang tokshit.. alam kong namimiss mo ko.."

"A-Ang tigas ng mukha mo ah!" sigaw ko sa kanya.

"Sige.. sabihin mong hinde??"

Hindi ako nakasagot!!!!

Nanginginig ang mga kamay ko!

Bading! Bading! Bading! Pakshet!!

"Woi.." sambit na naman nya!

"A-Ano ba!"

"Ano?! Hahahaha.. Namimiss mo ba ko o hinde!?"

"H-Hinde!"

"Okay.."

Kinabahan ako ng matinde!

"A-Anong okay??" kabadong tanong ko.

"Sige na.. may laro kami---"

"Taguro----"

~TOOT! TOOT! TOOT!~

~PLOK!~

Naihampas ko ang cellphone ko sa noo ko at saka ngingiwi ngiwing hinimas himas yun sa sakit!

"Sscchhkkk!! Scchhhkk!!!!" kakamot kamot sa noo'ng usal ko pa. **"Siraulo'ng yun! Hindi na mabiro!!"**

Natatakot ako! Bakit ba natatakot ako!

Napabuntong-hininga ako at saka muling idinial ang number nya!

Sana sagutin ulit---sana sagutin ulit---sana sagutin ulit---

"Hello?!"

"O-Oo na!! N-Namimiss na kita!" nakapikit na sigaw ko pa!

"S-Si Sam 'to.. May laro kami ni Maxpein.. m-mamaya ka na lang tumawag---BYE!"

~TOOT! TOOT! TOOT!~

Nailaylay ko na naman sa likuran ko ang ulo ko habang iingit-ingit sa sarili ko!

Ang tanga tanga! Ang tanga tanga!!

Ilang minuto pa akong nagmukmok sa kwarto ko at maya maya lang rin ay umalis na ako at pumasok sa school!

MAX'S POV

"Tumawag nga pala yung boypren mo.." si Sam.

Naglalakad na kami pabalik sa Hotel Room namin matapos manalo sa unang laban namin. Maghahapon na nung magsimula yun kaya naman gabi na ngayong pabalik kami.

Nilingon ko naman sya at napatingin ako sa screen ng cellphone ko. Tinanguan ko lang sya at nginisian nya naman ako.

"Namimiss ka na daw nya hahahha!"

S-Sinabi nya yun?

"T-Tss.." kunwaring singhal ko.

"Ang sweet nyo e noh??" pang-aasar nya at hindi naman ako kumibo. **"Grabe.. akala ko noon, kayong dalawa na ni Randall para sa isa't isa! Hahahah! Kaya nga nabaling ang pagmamahal ko sa Kuya mo---kasi akala ko forever na kayo ni Randall! Hindi pala! Hmp!"**

"Tss.. May gusto ka nga pala kay Randall noon.." natatawang sabi ko pa.

"Kay Maxwell na ngayon!"

"E bakit hindi mo pormahan si Maxwell?" natatawang tanong ko.

"Hello?! Parang minamigraine nga yun twing makikita ako e---popormahan ko pa?! Gumising ka nga Maxpein! At saka isa pa.. hindi kami swak ng Kuya mo! Alam ko namang ayaw nya sa sobrang bata'ng tulad ko! Kaya nga ayaw nya kay Zarnaih, di ba?! Hahahahahahaha!"

"Tss.."

"Joke! Pero teka, yung Kuya mo ba.. w-wala pa ring girlfriend?"

"Wala.."

"H-Hindi kaya... bading yun!?"

"Tss.. pwede rin.." natatawang sagot ko at hinampas nya naman ako ng bahagya sa balikat. Natatawa kaming nagtuloy sa paglalakad papasok ng

kwarto namin.

"Congrats!!!" bati samin ni Randall na sinalubong kami ng yakap.

Agad akong umalis sa pagkakayakap nya at naupo sa kama!

"Congrats, Sam! Maxpein!" sigaw ng mga kasama namin at nginitian ko lang sila.

"Wala e.. Hahahaha! Kahit nakapikit---panalo paren!" mayabang na sabi ni Sam!

"Oh sya.. Maiwan na muna namin kayo dyan, magpahinga kayo.. Ipapaayos lang namin yung dinner natin sa baba.." sabi pa ni Coach at saka sila lumabas. Naiwan naman kaming tatlo nila Sam sa kwarto.

"Maliligo muna ako.. grabe, I already washed my hands but I still feel duuurty!!" maarte'ng sabi pa ni Sam at saka pumasok sa banyo.

Naiwan kaming dalawa ni Randall. Nakaupo sya sa kama ko at may binubutingting habang nakatalikod sya sakin. Hinubad ko naman ang sapatos ko at saka naupo sa kama. Isinandal ko ang likod ko sa headboard ng kama ko at saka pumikit..

Namimiss ka na daw nya hahaha!

Hindi ko maiwasang mapangiti sa sinabing yun ni Sam kanina..

Tss.. Sabagay.. alam ko na rin naman kahit itanggi nya pa, kung wala lang akong laro ay kinulit ko rin sya..

Gumaan ang pakiramdam ko..

Gusto kong ngumiti magdamag sa isiping yun!

Dalawang-araw na lang, Sensui.. Hindi ka na makakawala sakin..

Nawala ang mga ngiti sa labi ko nung maramdaman ko ang kakaibang galaw sa kama ko..

Dahan dahan kong iminulat ang mga mata ko at halos maduling ako sa lapit ng mukha ni Randall sakin..

"I miss watching you this close, Pein.." marahang bulong nya pa.

Amoy na amoy ko ang mint sa hininga nya.

Hindi ako tumugon at nanatili lang akong blangkong nakatingin sa kanya.

Tinignan nya ang kabuuan ng mukha ko at huminto lang yun.. sa labi ko..

Bumuntong-hininga sya at saka kusang lumayo.. at muling ngumiti..

"I hope I can still kiss those lips again.." mahinang sabi nya pa at saka sya tumayo.

"Wag mo ng gagawin ulit yun.." pormal na usal ko at natigilan sya. Dahan dahan nyang naibaba ang paningin sakin munit deretso akong

nakatingin sa malayo.

"P-Pein.." mahinang usal nya. **"S-Sorry.."**

Hindi na kami nagpansinan pa at ramdam kong naiilang na sya sakin. Balewala naman sakin ang lahat ng kilos nya at bahagya akong namahinga lang sa pwesto ko.. Munit maya maa pa ay tumawag si Coach kay Randall at pinapababa na kami sa Resto ng Hotel na yun.. Agad naman kaming sumunod sa utos ni Coach.

"Good evening.." bati pa samin nung waiter at waitress na nasa lobby ng Resto na yun. Nagtuloy naman kami sa table kung nasan sila Coach.

"Ang dami nyan ah.." sabi ko pa at saka naupo sa tabi ni Miss Reycie. Tumabi naman sakin si Randall.

"Mmm.. sabi ko naman sa inyo, mas may budget tayo sa foods kesa sa Hotel hahahaha! Takot ko lang sa mga magulang nyo kapag ginutom ko kayo dito.." biro pa ni Coach. **"Sige na, kain kayo ng marami.. Bukas ay maaga ang laro nyo.. Tatlong laro kayo Sam, Pein, apat naman kay Randall.."**

"Andami naman ng sakin, Coach??" si Randall.

"Mmm.. Kasi dalawang laro ka na lang sa Thursday.." si Coach. Hindi naman na kumibo si Randall, naging abala sya kalalagay ng pagkain sa plate ko.

"Sana ay maipanalo nyo ang lahat ng laban nyo, sayang naman ang premyo'ng scholarship.." si Miss Reycie.

"Sakin okay lang.. manalo---matalo, okay lang! Hehehehe.." si Sam.

Palibhasa, bigtime.. Tsk tsk..

"Sakin naman ay ganon rin, pero mas maganda sana kung mananalo rin tayo, Sam.. Para sa Laguna 'to, remember??" si Randall.

"Sabagay.. At saka nandyan pa si Maxpein, gusto nya ang scholarship.. Right, Maxpein??" baling sakin ni Sam at ngumiti naman ako.

"That's good.. Kasi ang scholarship na matatanggap nyo ay mula sa malalaking schools.. Anong course ba sa College ang gusto mo, Miss Del Valle??" si Miss Reycie.

"M-Medicine.." sagot ko. **"Pero, Nursing ang kukunin kong Pre-Med.."**

"That's nice.." sabat ni Randall na nilingon pa ako at saka ako inabutan ng salad.

"Wow.. That's interesting huh??" si Miss Reycie.

Nagtuloy sila sa pagkukwentuhan habang kumakain. Nanatili naman akong nakikinig sa kanila at paminsan minsan ay nakikisabat rin ako.

Nung matapos kami ay sumunod ako kay Randall sa labas, para magbisyo.

"Can I ask you something..??" biglang tanong nya sa kalagitnaan ng pagtambay namin sa labas.

"Mmm? Ano yun?" tanong ko.

"T-Tungkol sana sa family mo..??"

"Mmm? What about my family?" pormal na tanong ko. Bahagya pa syang umubo at saka muling tumingin sakin.

"H-Hindi pa rin ba kayo ayos ni Maze?"

"Hindi na.."

"A-Anong hindi na??" gulat na tanong nya at natawa naman ako.

"Masyadong salungat ang ugali namin ni Maze.. ang bagay na pinagkapareho lang namin ay pareho kaming sarkastiko.. Kaya naman lahat ng sabihin namin sa isa't isa ay sinasagot namin ng sarkastiko.."

"N-Nasa malayo ka tuloy.. imbes na m-magkakasama kayo sa bahay.."

"Mas gusto ko kung nasaan ako ngayon.. walang pressures.. walang issues.. walang hassles---"

"Walang parents.. Tsh!"

Hindi ko sya sinagot..

"P-Pero.. P-Pein.. Si Tito More.. S-Sya talaga ang Daddy mo, d-diba??" biglang tanong nya kaya naman naiangat ko ang paningin ko sa kanya. Hindi ako nagsalita at tumitig nalang ako ng deretso sa kanya. Naging ilang ang kilos nya kaya naman dali dali syang sinuklian ang mga tingin ko ng pilit na ngiti. **"H-Hindi naman maipagkakaila, h-hahaha.. M-Magkamukhang magkamukha kayo ni Tito.."**

Hindi ko na sya sinagot. Mabilis kong tinapos ang sigarilyo ko at saka kami sabay na naglakad ulit papaakyat. Hindi ko na sya kinibo at nagpanggap akong abala sa pagpipindot ng cellphone ko. Nung marating namin ang Hotel Room namin ay lumabas ako sa veranda at doon ko idinial ang number ni Sensui.

"H-Hello??" mabilis na sagot nya.

Napangiti pa ako at pilit kong hindi ipinarinig sa kanya ang mahinang tawa ko.

"Balita ko.. may sinabi ka daw kay Sam??" mayabang pa kunwaring tanong ko.

"H-Ha?? A-Ano yon?!" kunwari pang tanong nya.

"Ano nga ba yon?"

"W-Wala yon!"

"Tss.. Sasabihin mo o ibababa ko 'to??" pananakot ko.

"Edi ibaba mo---"

"Sige.. Bye---"

"S-Sasabihin ko na! Sasabihin ko na!"

Hindi ako kumibo at nakangiting pinakinggan ko lang sya.

"N-Namimiss rin kita!" animong napipilitan pang sabi nya! Hindi naman ako nagsalita kaya dinig na dinig ko ang pagbuntong-hininga nya ng ilang beses! "**H-Huy! N-Nandyan ka pa ba?!"** halatang kabadong tanong nya pa.

"Mmm.." tipid na sagot ko.

"A-Ano na??"

"Anong ano na?" walang pakelam kunwaring tanong ko pa.

"N-Namimis sabi kita.."

"O e anong gagawin ko??"

"U-Umuwi ka na dito.."

Don ako natawa ng sobra..

"A-Anong itinatawa tawa mo dyan!?" inis pang tanong nya! **"Tch! P-Palibhasa, kasama mo sa kwarto yung pinakamamahal mong ex kaya tuwang tuwa ka!"**

"Sige, pagselosin mo pa ang sarili mo.."

"Tch! Magsama kayo!"

"Magkasama na nga kami e!"

"Edi kayo na!"

"Ayoko.." nakangiting tanggi ko.

"Tch.."

"Bading ka.." natatawang pang-aasar ko pa sa kanya at hindi naman sya sumagot.. **"Ayoko sa kanya dahil ang gusto ko.. yung seloso'ng tulad mo at yung bading, tulad mo.."** dagdag ko at hindi sya nakasagot.

Napangiti pa ako nung inimagine ko at itsura nya ngayon..

Paniguradong nakanguso na naman sya.

"K-Kagabi.. n-nanggaling ka pala dito.. s-sinabi ni M-Mommy..." utal pang sabi nya kaya naman kaya tahimik akong natawa. **"A-Anong**

ginawa mo d-dito??"

"Ano nga bang ginawa ko??" pagbabalik ko ng tanong sa kanya at natigilan sya.

"E-Ewan ko s-sayo---ikaw 'tong g-galing dito---tulog ako k-kaya hindi ko alam kung anong ginawa mo.."

"Tulog ka nga ba??" nakangising tanong ko.

Hindi sya nakasagot..

"Alam kong gising ka.." mahinang sabi ko pa.

"H-Hindi ah!" pagsisinungaling nya.

"Tss.. kunwari pa.."

"H-Hindi nga sabi! Tulog ako non!"

"Talaga??" mapang-asar ang tono'ng tanong ko pa!

"O-Oo sabi!"

"Tss.. Wag tokshit.. alam kong gising ka.. At alam ko ring gusto mo lang sabihin ko ulit ngayon yung sinabi ko sayo kagabi.."

"A-Ano bang s-sinasabi mo d-dyan?! T-Tulog nga ako---!!!"

"Tss.. kaya pala, lumulunok lunok ka pa??"

"A-Anong---"

"Sige itanggi mo.. Hahahaha.. Yung hinawakan ko lang yung pisngi mo---nakailang lunok ka na?? Hindi mo ko maloloko dahil mas matangos pa ang Adam's Apple mo sa ilong mo.. Alam kong narinig mo ang lahat ng sinabi ko.."

'H-Hindi nga sabi---"

"Mahal kita, Deib.. Mahal na mahal kita.."

"T-Taguro.."

"Kaya wag ka ng magseselos.. kasi ako yung nasasaktan sayo e.." nakangiti munit seryosong usal ko. Matagal naman bago sya nakasagot.

"N-Nasan ka??"

"Mmm? Nasa veranda.."

"Saan yan! Pupuntahan kita!"

"B-Bakit??" gulat na tanong ko!

"Gusto kong sabihin mo yan lahat sa harap ko..!!"

OceanofPDF.com

CHAPTER 147

DEIB'S POV

"Mahal kita, Deib.. Mahal na mahal kita.."

Kusang naluha ang mga mata ko!

"T-Taguro.." naiusal ko.

"Kaya wag ka ng magseselos.. kasi ako yung nasasaktan sayo e.."

Ang hirap pigilan minsan, Taguro.. Madaling mag-utos na huwag masaktan---pero kapag nandyan na, ang hirap hirap pigilan..

Gusto ko syang makita!

Gusto kong marinig mula sa kanya yan ng harap harapan!

"N-Nasan ka??" kabadong tanong ko.

"Mmm? Nasa veranda.."

"Saan yan! Pupuntahan kita!" matapang pang sambit ko!

"B-Bakit??" gulat na tanong nya.

"Gusto kong sabihin mo yan lahat sa harap ko..!!!"

Hindi sya agad nakasagot..

Mukhang tanga akong paikot-ikot sa kwarto ko habang hinihintay ang sagot nya..

Kinakabahan ako at hindi ako mapakali!

"Wag na.. dalawang araw na lang rin naman.. babalik na kami---"

"P-Pero.. Tsk.. G-Gusto na kitang makita.."

"Gusto na rin naman kitang makita e.."

"Tsk.. B-Bakit naman kasi s-sumali sali ka pa dyan e.." nakasimangot na sabi ko pa at natawa naman sya.

"Sayang naman kasi yung scholarship.."

"Y-Yung scholarship ba talaga??" nakangusong tanong ko pa.

"O sige, kung gusto mo---si Randall na lang, para magselos ka na naman at sa makalawa maglaslas ka na---na parang babae'ng iniwan ng jowa nya.. Hehe.."

Siraulo talaga.. Tsk!

"Tch.. Kahit kailan ka.." naisagot ko lang.

"Ang seryoso mo.."

"T-Taguro.." tawag ko sa kanya.

"Mmm?"

"M-Mahal mo talaga ako??" pigil ang ngiti munit kabado'ng tanong ko.

"Bakit mo naman naitanong??"

Buset!

"S-Syempre! G-Gusto kong makasiguro!"

"Tss! Kalalaki mong tao--ikaw pa naniniguro!?"

"Sagotin mo na lang!"

"Tss.. tapos kapag sinagot ko---bukas makalawa, mamatay matay ka na naman sa kaseselos kay Randall??"

"A-Ayaw mo bang nagseselos ako sa k-kanya??" napapahiyang tanong ko.

"Mmm.. Ang totoo, okay lang sakin na magselos ka.." mahinang sagot nya at napalunok na naman ako. **"Ang ayaw ko.. ay yung ginagawa mo.. pagkatapos mong magselos.."**

"S-Sorry na.." sa wakas nasabi ko.

"Tsk tsk.." ingit nya.

"G-Galit ka??"

"Sinong matutuwa??"

Nakaramdam ako ng matinding pagkapahiya!

Dinig kong huminga sya ng malalim sa kabilang linya..

"Hindi mo man lang muna hinayaang makapagpaliwanag ako--- nagdesisyon ka bigla.. Tsk tsk tsk.."

"Sorry na nga e.."

"Hindi ako tumatanggap ng sorry.."

"H-Ha?! B-Bakit?!"

"Ehh.." mahabang sabi nya pa. **"Nasaktan mo na ako e.."**

Nakaramdam ako ng matinding guilt sa dibdib ko! Magdamag akong nakanguso habang nakikinig sa mga sinasabi nya!

"Sa loob ng iilang araw.. nagawa mong paghalu-haluin yung nararamdaman ko.." mahinang sabi nya pa at pakiramdam ko ay tinutusok na naman ang puso ko. **"Nung una.. natakot ako ng sobra.. Kasi kinutuban na akong may nakita ka.. Na, nakita mo kaming nag-uusap.. Sinabi kasi sakin nila Naih non na, umakyat ka para sunduin ako.. Tapos bigla ka na lang nawala.. Halos hindi ko na maintindihan lahat sa paligid ko kaiisip sayo--kung ano bang nagawa ko.."**

"T-Taguro.."

"Okay lang.. sinasabi ko lang sayo 'to para alam mo ang naramdaman ko---hindi para sisihin ka.." mariing sambit nya kaya naman napabuntong-hininga na lang ako. **"Maiintindihan na bale kita e.. k-kaso ang hindi ko maintindihan kung bakit kailangang mapasali pa si Kim?? Tss.. don na ko muntikang bumigay.."**

"A-Anong ibig mong s-sabihin?" utal na tanong ko.

"Tss.. nakipagbreak ka sakin, tapos malalaman ko na lang na girlfriend mo na sya? Kalokohan.." bumuntong-hininga pa sya. **"Parang ang dating sakin.. gumaya ka lang kay Randall.."** lalo akong nakramdam ng kaba at sunod sunod ang naging paglunok ko. **"Hinalikan mo pa sa harap ko.."**

Bumuntong-hininga sya ng matindi at pakiramdam ko ay kasabay ng buntong-hiningang yun ay tinapakan ang puso ko!

"Mas masakit pa yung ginawa mo kesa kay Randall.."

"T-Taguro.. S-Sorry na.."

"Sabi ko naman sayo.. sinasabi ko lang 'to para malaman mo kung anong naramdaman ko.."

"N-Naguiguilty ako e.."

"Dapat ka naman talagang maguilty e.. Alangan namang matuwa ka pa sa ginawa mo??"

"Sorry talaga.."

"Oo na.."

"H-Hindi mo pa nga sinabing f-forgiven na ko e.." nakanguso paring bulong ko.

"Tss, sinong magpapatawad agad sayo sa ginawa mo?? Sige nga??"

Hindi ko maintindihan kung natatawa sya o nag-aasar sa tanong nyang yun! Bahagya akong natigilan at saka muling ngumuso.

"E-Edi galit ka pa rin sakin??" tanong ko.

"Hindi ako galit.."

"E-Eh ano lang??"

"Nasasaktan.."

"A-Anong gagawin ko para mawala yan??"

"Ano ring gagawin ko para hindi ka na magselos sa kanya?"

Hindi ako nakasagot!

Muli syang bumuntong-hininga.

"Siguro nga, hindi mo na mapipigilan.. aminado naman akong pagdating sa selos, mahirap pigilan.. minsan pa ay hindi mo talaga mapipigilan.. Pero s-sana.. wag ka basta bastang magdedesisyon pagkatapos mong magselos.."

"O-Oo.. S-Sorry na.."

Wala akong masabi!

Hindi ko alam kung paano kong sasagutin ang mga sinasabi nya!

Wala akong mahanap na salita na dapat kong isagot sa mga mabibigat na linya'ng binibitiwan nya!

Paulit-ulit na sorry na lang ba Deib!? Tch! Gunggong ka kasi!

"P-Pero.. b-bakit ginawa mo pa rin 'to??" napapalunok pang tanong ko. **"B-Bakit.. imbes na magalit ka sakin.. p-pumunta ka pa rin sakin para sabihing mahal mo ko??"**

"Ganon ako magmahal e.. abnormal.."

"T-Tch.." singhal ko.

"Hindi naman porket sinaktan mo ko e.. sasaktan na rin kita.. Sabihin na lang nating.. alam ko namang niloloko mo lang ang sarili mo at ang intensyon mo talaga ay saktan rin ako dahil nasaktan ka sa nakita mo.."

"H-Hindi lang kasi y-yung nakita ko ang n-naging dahilan kung bakit ako nagkaganon.."

"Ha??" takang tanong nya.

"N-Narinig ko yung s-sinagot mo sa kanya n-nung.. tanongin ka nya kung mahal mo ba sya??"

"E-Eh?!"

"N-Nakita ko kayong nag-uusap non sa dulo ng hallway kasi.. pinuntahan kita sa room mo at wala ka na.. Pababa na sana ako nung makita ko si Randall.. Kaya nagtago ulit ako.. H-Hindi ko pa nga alam nung una na.. i-ikaw yung kausap nya.. K-Kaya nung malaman ko palang na i-ikaw.. a-ang bigat bigat na ng pakiramdam ko.. T-Tapos narinig ko pa yung s-sinabi mong m-mahal mo sya.."

"Tss.. tapos umalis ka na??"

"O-Oo.."

"Hahahahaha!" maiksing tawa nya munit malakas!

Napapahiyang napailing ako! Kahit hindi ko sya kaharap ay hindi ko maiwasang hindi makaramdam ng pagkapahiya!

"B-Bakit?!" tanong ko.

"Pano pala kung may kasunod pa yung sinabi ko?"

"A-Anong k-kasunod??"

"Tsk tsk tsk.. makikinig na rin lang, Sensui, oo.. tsk tsk.."

"B-Bakit ba??"

"Wala.."

"Sabihin mo na.."

"Wala nga.. Sige na.. magpapahinga nako.. May laro pa ko bukas.."

"G-Gusto kitang makita.."

"Magkikita na rin naman tayo.."

"K-Kailan pa yun e.. Ilang araw ka pa dyan.."

"Dalawa.. Pero sa Thursday ay babalik na rin kami dyan pagkatapos ng laban namin.."

"A-Anong oras??"

"Mmm.. hindi ko pa sure.."

"Tsk.. Pupuntahan na kita.."

"Hindi na.. masyadong malayo 'to at saka hindi rin naman kita masyadong maasikaso.. Maraming tao sa venue ng laro.."

"P-Pero.."

"Wag ka ng makulit.." malumanay na tanggi nya at napabuntong-hininga nalang ako. **"May pasok ka.. kaya pumasok ka na lang.."**

"E-Edi after class.."

"Hindi na nga, may pasok ka pa kinabukasan e.. Magkita na lang tayo sa Thursday.."

"T-Tapos??"

"Anong tapos??"

"M-Magkikita tayo sa Thursday, tapos??"

"Anong ngang tapos??"

Slow, amp!

"A-Anong gagawin natin sa Thursday!?" inis na tanong ko.

"Edi magkikita!"

Tsk! Bakit ba sya ganyan!!

Hindi ko maintindihan kung slow lang ba sya talaga dahil hindi nya magets ang pinupunto ko o hindi nya talaga ako maintindihan!

"T-Tayo na ulit sa Thursday??" nahihiya at kabadong tanong ko.

"Ahhh.." naisagot lang nya.

"A-Ano nga??"

"Ewan ko.."

"Bakit ewan mo?!"

"Mag-usap na lang ulit tayo sa Thursday.."

"T-Taguro.."

"Oh?"

"M-Mahal mo talaga ko ah???"

"Hahahahha!"

Ano bang nakakatawa kasi! Tsk!

"B-Bakit mo ko tinawanan!" inis na tanong ko.

"Kung maniguro ka para kang babae.."

"G-Gusto kong marinig e..."

"Oo nga, mahal kita.. Mahal na mahal.."

Sarap!!!

"O sige na ha?? Dumating na si Miss Reycie, kailangan ko na ring matulog dahil inaantok na ko talaga.."

"S-Sandali.."

"Ano na naman..??"

"P-Parang ayaw mo naman akong kausap nyan eh!" inis na sumbat ko pa.

"HIndi naman.. inaantok lang talaga ako.. Oh, ano yun?"

"N-Nasa iisang kwarto talaga kayo??"

"Mmm.."

"A-Anong itsura nang Hotel Room nyo??"

"Mmm.. Malaki ang kwarto at maganda.. Pero hindi tulad nung Hotel Room natin nung nasa Palawan tayo.. Executive Room 'to pero, dadalawa ang rooms na available kaya kinakailangan naming magsama sama nila Sam at Miss Reycie sa iisang kwarto, don naman sa isa ay mag-isa si Ra---"

"S-Sige na.. Sige na.. Okay nako, at least sigurado nako'ng hindi mo kasama sa iisang kwarto si Randall.."

"Pero nakakapasok sya sa kwarto namin.."

"A-Ano!?" inis na tanong ko.

"Mmm.. malikot ang isang yun.. Hindi mapakali, kung san san napunta.. Nung minsan nga ay naupo pa sya sa kama ko---"

"Bakit mo hinayaang maupo sa kama mo!?"

"Umiidlip ako e.."

"Tsk! Kwarto ng babae yan at tatlo kayong babae dyan! Taguro--- konting ingat naman!"

"Tss.. Wala namang magagawa sakin yun.."

"Pano ka nakakasiguro??"

"Tss, sino ba namang willing magpa-uppercat di ba?? Hehehehe.."

"Tsk.."

"Wag ka ng pa-*'tsk tsk'* dyan.. Matulog ka na rin dahil may pasok ka pa bukas.." natatawang sabi nya pa at napabuntong-hininga nalang ako.

"Mahal na mahal rin kita.." mahinang sabi ko at natahimik sya. **"W-Wag mo kong ipagpapalit dyan ah?? Wag kang titingin kung kanikaninong lalaki lalo na at wala ako dyan.."**

"Oo na.."

"Siguraduhin mo!"

"Hahahaha.. Sino namang makukuha ko dito sa isang tinginan lang!? Anong kala mo sakin?! Angelica Panganiban?? Hahaha!"

"M-Makinig ka na lang sakin!"

"O-Oo na Dingdong Dantes! Hahahaha.. Sige na.. matutulog na ko.. Magkita na lang tayo sa Thursday.. Mag-aral kang mabute.."

"I love you.."

"I love you.."

"I love you, ulet.."

"Wag kang makulet.."

"U-Ulitin mo na lang kasi!" inis na singhal ko sa kanya.

"I love you! Matulog ka na!"

"Heheehe.. I love you, Taguro.. L-Lumayo ka sa tukso ah!?"

"King inang tukso yan.." bulong nya pa. **"Bading ka!"**

"Heheheheheh.. Sige na, ibaba mo na.."

"Sige, bye.."

~TOOT! TOOT! TOOT!~

"Tch! Hindi man lang nakipagkulitan sa pagbaba.. Binaba agad!? Badtrip 'to ah.." inis na bulong ko pa sa cellphone ko at saka dahan dahang napatingin sa kama ko..

Dahan dahan akong naglakad papalapit sa kama ko at..

~BOOOOGGGSSSHHH!!!!~

"Bwahahahahaha!!!" malakas na tumawa!

"Mahal daw nya ko---hahahhahahahahaha!!!"

Kinuha ko si Tagsen at saka ko niyakap yakap 'to!

"Sabi ng Mommy mo---mahal daw nya ako! Hahahahahaha! Hindi mo narinig kasi hindi naman ikaw ang kausap---hahaahaha!!!

Aaaaiiissshh.. Heheheeeh! Wooooooh!!!!"

Nakangiting niyakap yakap ko yun at saka muling inalala yung nangyari kagabi..

Mahal na mahal kita, Deib..

d--,b

♫ ♪ 'You tell me you're in love with me.. That you can't take your pretty eyes away from me.. It's not that I don't wanna stay.. But everytime you come too close, I move away.. I wanna believe in everything that you say.. Coz' it sounds soooo good.. But if you really want me.. move slow.. There's things about me. you just have to know.. Sometimes I run.. Sometimes I hide.. Sometimes I'm scared of you.. but all I really want is to hold you tight.. Treat your right.. Be with you day.. and night.. Baby all I need is time..' ♪ ♫

Parang kusang nagplay sa tenga ko ang kantang yun kaya naman lalo akong nangiti..

Sana.. Thursday na..

Magdamag kong yinakap si Tagsen hanggang sa makatulog ako..

♥ K ♥ I ♥ N ♥ A ♥ B ♥ U ♥ K ♥ A ♥ S ♥ A ♥ N ♥

Wednesday..

MAX'S POV

"Maxpein, gising na, may laro tayo.." dinig kong sambit ni Sam.

Napakamot naman ako sa ulo at saka bahagyang umubo bago bumangon para uminom ng tubig.

"Good morning!" bati nya pa sakin at gulat naman akong makitang bihis na sya.

"Ang aga mo namang magbihis?" tanong ko. Alas nuebe pa kasi ang laban. Alas siete trenta palang..

"Mmm, magpipicture pa kasi ako sa baba hehehe.." sabi nya na itinuro pa ang malaking bintana.

"Ahh.. sige.."

"Ang lakas ng ulan grabe! May bagyo ba??" tanong nya at nagkibit-balikan naman ako.

"Wag ka ng lumayo, baka maulanan ka pa.."

"Yeah.. Magprepare ka na rin.. Magkita na lang tayo mamaya sa Hall.." sabi nya pa na isinabit ang tako nya sa likod nya at saka lumabas ng kwarto namin.

Nagstretching naman muna ako at saka lumabas sa veranda para magbisyo..

Inilabas ko ang cellphone ko at saka tinignan yun.

One Message Received
~Naih~
Hoy ano?! Okay ka lang ba dyan ha?!
Panalo ba?! May scholarship ka
bang makukuha?! Hehehe!
Namimiss na kita! Masyado ng
maingay dito sa bahay kasi
wala ka! Hahahahahaha!
Walang sasaway saming
maiingay! Kumain ka ng marami
dyan! Wag kang magpapagutom!
Kung hindi ka kakain sinong kakain!
Mabuhay ka dyan! Labyu!
07:30am

Napangiti pa ako sa text nyang yun..

Baliw..

One Message Received
~Maxwell~
Hindi ka man lang nagtetext..
Tsk tsk tsk.. Mag-iingat ka dyan..
07: 25am

One Message Received
~Erpats~
Kumakain ka ba ng maayos dyan?
Naaasikaso kayo ng maayos?
Text me if you're okay there..
Take care.. I love you..
06:30am

Tss.. Parang gera naman ang pinuntahan ko.. E halos kumbulsyunin na nga ako sa dami ng nakakain ko..

Nireply ko sila isa-isa at saka ako naligo at nagbihis..

~RIIIIINNNGGGG!~

Kasalukuyan kong kinukuha ang tako ko nung tumunog ang cellphone ko.

~Sensui Calling. . .~

Napangiti pa ako ng bahagya at saka sinagot yun.

"Oh?" sagot ko.

"Oh ka ng oh! Hindi ka ba marunong mag-Hello!?" sigaw na naman nya.

Bakit ba ugaling ugali nito'ng magdrama muna?? Tsk tsk.. aga aga..

"Hellow!" malakas na pang-aasar ko sa kanya!

"Ayan! Ganyan nga! Hello ang sasabihin twing sasagot ng cellphone! Hindi yung *'Oh?'*!! Tch! Parang parati kang makikipag-away!"

"Oh e ano nga kasing itinawag mo?? May laro ako.."

"Anak ng.. Edi maggugood morning!"

"Tss.." singhal ko pero bahagya akong natawa sa kakornihan nya.

"Tch! Yan ang sweetness! Yung pagkagising mo ay tatawagan mo ang mahal mo at babatiin sya ng ganito---Goooood moooorning mahal kooo!"

Napapikit pa ko at bahagyang nailayo ang cellphone sa tenga ko.

"Pumasok ka na.. baka ma-late ka.." naisagot ko lang.

"Tch.. Wala man lang isinagot.." dinig kong bulong nya pa. **"Kakain pa ako.. Nagbreakfast ka na?"**

"Hindi pa rin.. sabay sabay kami mamaya sa baba.."

"Anong ginagawa mo?"

"Kausap ka.."

"Bukod sa kausap ako, syempre!"

"Nagbibihis.." sagot ko at natigilan sya.

"A-Ahh.. O sige, magbihis ka muna at baka lamigin ka.."

"Okay na.." natatawang isinagot ko at saka tuluyang isinukbit ang tako sa likod ko at saka ako lumabas ng kwarto namin at napunta sa living area ng Executive Room na yun.

Sabay kaming lumabas ng kwarto ni Randall.

"Good morning, Pein.." nakangiting bati pa ni Randall.

"Good morning.." bati ko rin sa kanya at saka ako naupo sa sofa at doon nagsapatos. **"Oh?"** sabi ko ulit sa linya.

"Tch! Kapag si Randall ang nag-good morning, sinasagot mo ng maayos!"

"Tss.. Ayan ka na naman e.."

"Hehehehe.. Hindi na, hindi na.. Ipinapaalala ko lang sayo na ako ang mahal mo.. hahahahaha!"

Abnoy..

"O sige na, bababa na rin ako e.. Mag-usap na lang ulit tayo mamaya.." sabi ko pa habang sinisintas ang sapatos ko at ipit ipit sa tenga at balikat ko ang cellphone.

"H-Hindi ba tayo pwedeng magtext?? S-Sila Lee at Tob.. katext nila sila Parrot at Michiko kahit nasa klase o Canteen.. Samantalang ako.. n-nagsasoundtrip na lang parati.. H-Hindi ba tayo p-pwedeng ganon??" tanong nya at natawa naman ako.

"S-Sige.. magtext tayo.."

"T-Talaga!?"

Anak ng.. sinabi ng sige, kinumpirma pa.. Abnoy na tunay.. Tsk tsk..

"Oo nga.." sagot ko. **"O sige na ha? Bababa na ako.. Sasakay ako ng elevator, kaya walang signal don.."**

"Sige hehehehe.. Kumain ka ng marami ah?!"

"Oo na.. Ikaw rin.."

"Oo hehehehe! Itetext na kita ngayon---ireply mo agad! Hahahahaha!"

"Tss.. sige na, ibababa ko na.. Bye.."

"Bye---"

Naibaba ko ang linya..

Pero hindi ko naman sinasadya..

"Si Deib?"

Napalingon ako kay Randall na kalalabas lang ulit mula sa kwarto nya.

"Mmm.." sagot ko.

"Mukhang okay na kayo ah??" nakangiting tanong nya at hindi naman ako kumibo.

Kinuha ko ang sigarilyo sa sa bulsa ng maliit na bag ko at saka ako lumabas sa mas malaking veranda'ng yun ng living area.

Sumunod naman sya.

Nakangiting pinanood nya pa akong magsindi ng sigarilyo ko at saka na naman sya bumirada.

"Naninigarilyo ka pa rin?? Hindi ka ba pinagsasabihan ni Deib dyan?? Hahaha!"

"Hindi.."

"Buti hindi sya natuturn-off??" natatawang tanong nya at nagkibit-balikat lang ako. **"Di ba.. naninigarilyo ka dahil *'sakin'*??"**

Hindi ko maintindihan kung bakit biglang nag-init ang tenga ko sa sinabi nya kaya naman dahan dahan kong nilingon sya..

"Nagtuloy ako sa paninigarilyo noon.. dahil depressed ako sayo.. Naninigarilyo ako ngayon.. dahil bisyo ko na 'to.. Wala ka ng kinalaman dito.." tugon ko at natigilan sya. Bakas ang pagkapahiya sa mukha nya kaya naman hindi ko na sya pinansin pa at nagtuloy na lang.

"B-Buti, hindi na sya nagseselos sakin?!" maya maya pa'y nakangisi pang tanong nya.

Umiling ako at saka nilingon sya at binugahan ng usok sa mukha.

Natatawang hinawi nya pa ang mga usok na yun at saka muling tumitig sakin..

"Hahahahaha.. napakaseloso.. Isip-bata.." sabi nya pa at saka tumingin sa malayo.

"Meron naman syang dapat ikaselos, di ba?" pormal na tugon ko habang nakatingin sa sigarilyo ko at seryosong nilingon nya naman ako. Ngumiti lang sya nung lingunin ko rin sya.

"H-Hahahahah! A-Anong ibig mong sabihin?"

"Nagseselos sya dahil meron naman talaga syang dapat ikaselos.. Nung araw na puntahan mo ko.. nakita nya tayo.. Solo'ng solo natin ang lugar na yun, at kahit sino mang makakita sa sitwasyon natin nun ay magtataka kung anong ginagawa natin.. Yung itsura mo nun, kahabag habag at malayong malayo sa itsura mo ngayon.." pormal na sabi ko pa na tinignan pa ang kabuuan nya at saka muling tumingin sa kawalan. **"Idagdag mo pa yung mga sinabi mo sakin.."**

"Yeah.. naiintindihan ko ang point mo.."

"Dalawang linggo pa lang kami ni Deib.. matindi pa ang selos nun kasi saglit pa lang.. At isa pa, naiintindihan ko naman yung nararamdaman nya dahil sa loob ng dalawang linggo'ng yun.. Hindi ko nagawang iparamdam sa kanya yung tunay na nararamdaman ko.." seryosong sabi ko at ramdam ko na naman ang paglingon nya.

"P-Pero hindi nya pa rin dapat ginawa yun sayo.. Ginamit nya pa si Kim at harap harapang sinaktan ka nya.."

Hindi na ako kumibo..

Ayokong magbitiw basta basta ng salita dahil baka mamisinterpret nya.

"B-Buti naman at okay na kayo.." dagdag nya pa. Humithit naman muna ako ng isa bago sumagot sa kanya.

"Mmm.. Hindi ko sya matiis e.."

"T-Talaga?? So.. ikaw ang nanuyo sa kanya?"

"Hindi naman.. Pero.. hindi ako magdadalawang-isip na suyuin sya kung kinakailangan.."

"Mmm.. Sakin man ay ganyan ka rin noon, kahit ako yung may kasalanan.. Once na mag-sorry ako, okay na agad sayo.."

Hindi na ulit ako kumibo at saka tinapos ang bisyo ko.

Muli akong pumasok sa kwarto ko at saka naghugas ng kamay at nagsipilyo..

~BEEP!~

Tumunog ang cellphone ko kaya naman kinuha ko pa muna yun.

One Message Received
~Coach~
Del Valle, prepared na ang breakfast.
Bumaba na kayo nila Echavez dito.
07:50am

Compose Message
To: ~Coach~
Yes, Coach..
Message Sent!

~BEEP!~

Muling may nagtext. Binuksan ko yun at tinignan.

One Messae Received
~Sensui~
Papasok na ko d=)))))))
07:51am

Compose Message
To: ~Sensui~
Ingat ka, itext mo ko agad
pagkarating mo sa school..
Aral mabute d^_~b
Message Sent!

Tinignan ko lang kung may iba pa akong naiwan at saka muling lumabas ng kwartong yun.

"M-Maxpein.." tawag sakin ni Randall pagkalabas na pagkalabas ko, bahagyang natigilan pa ako sa pagsara ng pinto ng kwarto. Nilingon ko naman sya.

"N-Naisip ko lang.."

"Ang alin?" tanong ko at saka tuluyang isinara ang pinto ng kwarto.

"K-Kung.. n-nakipagbreak kaya ako kay Dein nung a-araw na makita kita.. at h-hindi mo nakilala si D-Deib.. M-May pag-asa ba'ng magkabalikan tayo?"

Hindi ko inaasahan ang tanong nyang yun..

Pinakiramdaman ko ang sarili ko at napaisip..

"Oo naman.." malamig na sagot ko.

"T-Tatanggapin mo pa rin ako?" hindi makapaniwalang tanong nya at tumango naman ako.

"Kasi pagbalik ko.. ikaw pa rin yung unang gusto kong makita nun.." sagot ko at saka ngumiti sa kanya.

Natahimik sya at hindi na nagsalita..

Kaya naman kinuha ko na ang gamit ko at saka dumeretso sa pinto..

Nananatili namang nakatingin sya sa kung saan..

Ano na namang iniisip nito??

Napabuntong-hininga pa ako bago lumabas ng bahagya sa pinto.

"Mauna na ko sa baba.. may laban kami ni Sam ng alas nuebe.. Bumaba ka na rin para makapagbreakfast.." sabi ko pa at saka tuluyang isinara ang pinto.

Dumeretso naman ako sa elevator at saka tuluyang bumaba sa lobby ng Hotel na yun..

Nagtingin tingin pa muna ako sa labas para tignan kung nandoon si Sam pero nung hindi ko sya nakita ay dumeretso na ako sa Cafeteria, at doon ay agad ko namang nakita sila Coach at Miss Reycie pati iba naming kasama. Agad akong lumapit sa kanila.

"Nasan na yung dalawa?" tanong agad ni Coach.

"Si Sam ay hindi ko alam kung saan nagpunta, si Randall, pababa na rin siguro.." sagot ko.

"Itetext ko na lang.." sabi pa ni Coach at saka pumindot sa cellphone nya. **"Sige na, kumain na kayo.."** sabi pa ni Coach.

At nagsimula naman kaming kumain..

"Wala ka na bang problema sa Academics mo, Miss Del Valle??" si Miss Reycie.

"Wala naman na, Miss.." sagot ko.

"Hindi na ba kayo nagtatalo ni Mr. Ciufan?" natatawa pang tanong na at ngumiwi naman ako.

"Hindi na masyado.. May mga oras na nasisigawan pa rin ako pero.. sanay na ko, Miss.."

"That's good.. At least wala ka ng problema.."

Maya maya pa ay dumating na sila Randall at Sam at sumabay samin.

"Wow! Tataba namana ko dito, Coach.." sabi pa ni Sam at saka sinimulang kumain.

"Tatlong araw lang naman 'to, Sam.." sabi pa ni Coach at nagsimula na rin silang magsikain. **"Ang totoo.. hindi ko akalaing may mga tulad nyo na mahihilig sa Sports na 'to.. I mean, Billiards? Kilala rin ang Billiards pero.. hindi kasi ako nasanay na kasama sya sa mga Sportsfest kaya naman.. parang nakakabilib para sakin na makitang marurunong kayong maglaro nito.. Magkakakilala na talaga kayo noon pa??"**

"Opo, Coach.." sagot ni Randall.

"Talaga? Ang galing naman.. Ano yun? Nagkakalaban laban lang rin kayo??" tanong pa ni Coach at nakinig naman ako sa kanila at ganon rin ang iba.

"Sila Sam kasi ay may sariling Billard Hall, doon kami madalas tumambay noon ni Maxpein kaya nakilala rin namin si Sam.." paliwanag ni Randall na nilingon pa ako.

"I see.. Nakakabilib naman pala.. E kayong dalawa naman ni Del Valle, paano kayong nagkakilala?? Doon na lang rin sa bilyaran nila Samantha??" tanong pa ni Coach.

Nilingon pa muna ako ni Randall munit sadyang nakatungo ako sa kinakain ko kaya naman hindi ko sya nagawang tignan..

"Mag-ex ang dalawang yan, Coach.." si Sam.

"A-Ahh.. G-Ganon ba?? H-Hehehehe.." naisagot lang ni Coach at saka muling kumain.

Naramdaman ko ang nangibabaw na pagkailang nila Coach at Miss Reycie munit hindi ko na pinansin pa ang mga yun.

NAIH'S POV

Dahil wala si Maxpein..

Ako ang pinagdiskitahan ni Chupan!

"Staaaannaap!" sigaw na naman ni Chupan!

"A-Ako na naman, Serr??" nakangusong tanong ko!

"Aba e---pwede ka namang lumabas na lang, kung ayaw mo!" sigaw nya kaya naman dali daling tumayo na lang ako!

King inang 'to lakas ng sapak!

"What was the first book published in the Philippines!!!!" sigaw nya at napaisip naman ako! **"Sinabi kong reviewhin nyo ang bagay na yan---Facts and Trivias!!"** dagdag pa nya.

"Doctrina Christiana, Serr!!" sagot ko!

"When?!" dagdag tanong pa nya!

"1593, Serr!!!"

"Beerrrriii goood!!!" sintunadong sigaw nya pa! **"What was the first Women's Magazine in the Philippines?!"**

"E-El Hogar, Serr---which first came out in the year 1893!"

"What is El Hogar in English?!" nakangising tanong nya pa.

"The Home---Serr!" taas-noong sagot ko.

"Very good! Sitdown!" sigaw nya at saka muling naglakad sa unahan at nagsusulat sa whiteboard! **"Tomorrow---we will be having a recitation! Ang hindi makasagot---ddrrrrrrapawt!!!!"**

Siraulo..

~BLAAAAAAAG!!!~

Lahat kami ay nakahinga ng maluwang nung lumabas si Chupan at pabagsak ang pinto'ng iwan pa kami!

Dali dali naman kaming nagsipaglingunan nila Migz at nagbungisngisan pa kami!

"Iba talaga ang talino mo, teh! El Hogar! Hahahahaha!" si Migz at saka nilingon si BJ. **"El Palaka!"** natatawang pang-aasar nya pa kay BJ kaya naman nagtawanan ang buong klase!

"Hahahhaha!!!!"

Napalingon ako sa upuan ni Max at saka ngumiti don..

King ina mo, ipanalo mo na dyan at pumasok ka na dito! Hinahasa masyado ang utak ko ng mga guro, kaibigan!!

Tahimik naman sya pero.. bakit ganon!? Namimiss ko pa rin sya! Heheheheehe!

Muling dumating ang ibang Lec at nagsimulang magklase.

DISCUSS.

DISCUSS.

~RIIIIIINNNGGGG!!!!!!~

LUNCH BREAK!!!

~DAAAAKKKLLLAAAAAAGGG!!!!~

Gulat p akong napalingon sa labas sa malakas na kidlat na yun.

"Grabe ang lakas ng kidlat.." sabi pa nung mga kaklase namin pero hindi ko na yun pinansin!

"Yeaaaaaaaahhh!!!!" malakas na sigaw ko na nag-unat pa ng magkabilang kamay ko at saka dali daling lumapit kila Migz.

"Tara teh, gutom nako.. Nakakaloka.." si BJ.

"Kumusta na kaya ang Maxpein doon??" tanong naman ni Migz habang naglalakad kami pababa.

"Kanina ay nagtext sya sakin, okay naman daw sya don at medyo busy dahil maya't maya rin ang laro.." sagot ko.

"Kailan ang balik nila?" tanong naman ni Michiko.

"Bukas na hehehehehe.."

"Yiiiieeee! Exciting hihihihi.. Sana manalo si Max.."

"Sana nga hehehe.."

"San naman kaya sya mag-aaral if ever makakuha sya ng scholarship?!" si Migz.

"Ewan ko.. siguro dito pa rin sa BIS.. Ang sabi naman ni Coach ay may chance silang pumili ng school na gusto nila, di ba??" sagot ko.

"Mmm.. Mahal na mahal ang BIS?? Hahahahaha! Ayaw umalis?!" si BJ.

"Ang sabihin mo.. mahal na mahal ang Deib!" si Migz.

"Ayy taray.."

"Hahahahaha.. Oo nga noh?! Kumusta na kaya sila ni Deib??" si Michiko. Napakibit-balikat naman ako.

"Kumusta naman ang best in friendship?! Hindi ka man lang nakapagreact sa eksena nila ng Deib Lohr!" pang-aasar sakin ni Migz at ngumiwi naman ako.

"Psh! Ewan ko ba.. Kahit na naiinis talaga ako kay Deib---hindi ko pa rin maiwasang hindi manghinayang! Parang yung demonyong side ko e pinipigilan ng angel side ko na away-awayin sya! Psh! Nung makita ko ngang selos na selos na sya---parang mas gusto ko pang pagalitan si Max!"

"Suuuusss! Pero more paselos ka rin!" si BJ.

"Hahahahaha! Oh well.. that's a different issue!" nakangising sagot ko.

"Nakakakilig kaya yung biglang eksena ng Deib na---*'Shutayin mo na lang kaya akis'*?!" si Migz! **"Aaaaayyy! Naloka ako! Anggwapo ng**

Deib sa eksena'ng yun teh! Yung feeling na tina-touch ang heart ko.. OMG.."

Natawa kaming lahat sa kanya dahil bakla'ng baklang hinaplos nya pa ang dibdib nya.

"Pero ang tindi rin magpaselos ng Maxpein teh, jusmiyo! More pakilala sa Harlon hahaha! Ang tanong---itinext naman kayang talaga ng Maxpein ang Harlon teh?!" si BJ.

"Ewan ko hahaha!" kibit-balikat ko. **"Patay na patay ang Maxpein at Deib sa isa't isa kaya mukhang malabo ang isang yan hahaha!"**

Nagdaldalan pa kami habang nagpapalit ng gamit at saka kami tuluyang dumeretso sa Canteen.

~DAAAAKKKLLLAAAAAAGGG!!!!~

"Waaaaaa! Lakas ng kidlat! bilisan natin!" sigaw pa ni Michiko! Nagsisimula na ring umulan kaya naman kinailangan pa naming tumakbo.

Napahinto na naman ako sa Entrance nung makita ko si Deib na nakikipagtawanan kay Liel na nakiupo rin sa table namin.

"Excuse me.." sabi ko pa na sadyang pinarinig kay Liel at Deib at nilingon naman nila ako.

"Oh, Zarnaih.." sabi pa ni Liel.

"Oh.. you know me???" sarkastikong tanong ko at maarte'ng tumango naman sya!

"Of course, Zarnaih!" malanding sigaw pa nya!

"I don't know you---so, remove yourself!" inis na sabi ko pa at sinenyasan sya!

"Psh! Pathetic!" singhal nya pa at saka muling bumaling kay Deib. **"Aalis na ko.. bawal yata'ng makihalubilo ang mga magaganda dito.."** parinig nya pa at saka umalis.

Salubong ang kilay at nakanguso namang tumingin sakin si Deib!

Inambaan ko naman sya ng tingin kaya medyo napaatras pa sya kunwari!

"Masyado ka naman ata'ng nawiwili'ng mambabae?!" sarkastikong tanong ko kay Deib at mas lalo syang ngumuso!

"A-Anong mambabae ang s-sinasabi mo dyan?!" utal pang tanong ni Deib at ngumiwi naman ako sa kanya.

"Oh e bakit kasama mo ang maharot na yun dito?? Sa pwesto pa ng Hari mo pinaupo?!" turo ko sa madalas na upuan ni Max.

"Tch! May tinanong lang yun!"

"Sa dami ng kaklase nyo---talagang sayo pa lumapit e noh?? May halong landi ang pagtatanong, kung ganon.."

"E bakit ba?! Anong paki mo?! Tch! Pasalamat ka nga't hindi kay Lee dumikit yon!"

"Ha! Wag nya ng subukan dahil iiitsa ko palabas ng BIS ang ulo nya!" sigaw ko sa kanya at saka tumayo. **"Wag kang dikit ng dikit kung kani-kaninong babae kapag wala si Maxpein!!" sigaw ko pa kunwari sa kanya! "Baka nakakalimutan mong me atraso ka pa sakin dahil don sa ginawa mo nung hule?!"**

"Tch! A-Anong atraso?! E ikaw 'tong malakas pa sa boksingerong nanapak sakin! Tapos ako pa may atraso?! Wow!"

"Ha! Pasalamat ka nga't yun lang ang inabot mo e! At si Kim?! Kung hindi lang pinsan yun ng boyfriend ko, malamang sa malamang---iniiyakan na sa ospital yun ngayon!"

"Tch.. palaaway kayo masyado ni Taguro!"

"Talaga! May dahilan naman para makipag-away kame! Ikaw kaya ang tumitig kay Maxpein na nakikipaghalika sa iba?! Magpapaparty ka pa?! Despedida pwede pa!" sigaw ko sa kanya. Hindi sya nakasagot at umiling-iling habang nakanguso pa! **"Kumusta naman ang pakiramdam mo sa birthday mo?! Nag-enjoy ka ba?!"** sarkastikong tanong ko.

"H-Hindi.."

"Psh! Kasalanan mo yan kaya pagdusahan mo! Kung pinagpaliwanag mo muna si Maxpein edi sana hindi ka nagkakaganyan ngayon!" sigaw ko at gulat naman akong napatingin sa kanya nung ngisian nya ako. **"A-Anong nakakatawa??!!"**

"Nagkausap na kami.." nakangising sabi nya pa.

"N-Ni Max?!" tanong ko at tumango sya na parang bata! **"A-Anong sabi nya?! Ano?! Okay na ba kayo ha?! Bati na ba kayo?!"**

"Easy!" sigaw nya pa na hinarangan ako ng dalawang kamay nya! Tinaasan ko naman sya ng kilay pero mas ngumiti pa sya. **"Mahal daw nya ko.."** ngiti'ng ngiti'ng sabi pa nya!

~DAAAAKKKLLLAAAAAAGGG!!!!~

Biglang kumidlat ng malakas!!!

"Oh my God.." bulong ko. "O-Oh.. My.. God.." sabi ko pa.

"Hehehehe.. Bakit?!" nakangising tanong nya at saka nakangiting bumuntong-hininga at tumingala sa kisame!

"S-Sinabi nya yun?!" hindi makapaniwalang tanong ko.

"Yiiiieeee! Ang sweeet ni Max!!" si Michiko!

"Lola mo, thunders na talaga.. More matured mag-isip.. kahit ginawan ng mali---understood! Hahahaha!" si Migz.

"Gaga, ibig sabihin lang nun, mahal nya talaga ang Deib!" si BJ!

"Tumpak!" sigaw ni Tob sa kanya!

"Hahahahahahaha.." natawa naman si Lee samin.

Pero hindi ako nakinig sa kanila at inis pa rin akong tumingin kay Deib!

"S-Sigurado ka namang.. *'tama'* ang dinig mo sa sinabi nya?!" naniniguradong tanong ko kay Deib at inis naman syang tumingin sakin!

"A-Anong akala mo sakin?! Naprapraning?! Oo! Sinabi nya sakin! Tch!"

So.. totoo nga ang sinabi nya.. Hahha! Ang sweet nya, grabe!

Pero hindi pa rin ako nagpahalatang masaya ako para sa kanila! Nagpanggap akong galit sa harap nya!

"At ang sabi nya pa.." nakangiting dagdag nya pa. **"Magkita daw kami bukas!!!!"** animong kinikilig na parang babae'ng dagdag nya!

"T-Talaga??" namamanghang tanong ko pa.

"Heheheheh.. hindi na nga akong makapaghintay e hehehe! Isang tulog na lang makikita ko na sya.." parang bata pang atungal nya!

"Sya sya sya! Oorder na kami.. Para kayong mga bata.." sabi pa ni Tob at saka tumayo at inakay si Lee.

"Psh! Ano pang ginagawa mo dito!?" inis na tanong ko kay Deib!

"B-Bakit ba naninigaw ka?!"

"Sumama ka sa kanila!"

"B-Bakit?!"

"Manlibre ka.. hehehehehe.." nakangising sabi ko at nanlaki naman ang mga mata nya!

"Ang kapal mo.."

"Oh well.. wala ng mas kakapal sa mukha mo dahil sa ginawa mo sa kaibigan ko.. Hindi lang lunch ang makakapagpabura nun sa isip ko.. Nagpapalibre lang ako ng lunch sayo para mabawasan ang init ng ulo ko---bilis! Move! Move! Move!" utos ko pa sa kanya at tumayo naman sya at sumunod sa mga kaibigan nya.

"Lakas mo teh hahaha.." biro ni BJ.

"Psh! Sa ginawa nya naman kay Max, noh! Kulang pa talaga ang lunch sa kanya! Leche sya!" sagot ko.

"Nakoooo.. kaya ayaw ko ng lablayp lablayp na yan--masyadong magulo!" si Migz.

"Si Deib lang naman ang nagpagulo! Psh!" sagot ko.

Maya maya lang ay kumain na rin kami matapos nilang um-order.

Mas naging masaya ang kwentuhan namin dahil pinagtritripan namin si Max dahil wala sya!

"Pero, Deib.. yung totoo.. Bakit mo nga ba ginanon si Maxpein noon?" natatawang tanong ni Michiko kay Deib. **"Alam mo bang.. ako ang una nyang naging friend dito?! Hehehehe.."**

"Tch! Alam ko.. dahil nung unang araw na hinahunting ko sya.. ikaw ang nakita kong kasama nya! Nag-alangan pa nga ako nung una dahil mayayari ako kay Tob kapag nadamay ka.." sagot ni Deib. Siniko naman sya ni Tob.

"Ang chaka ng eksena nyo sa simula hahaha! Pero in fairness.. Hahahaha! Hindi ko akalaing magkakatuluyan kayo.." si Migz.

"Wushuuuuu.. Baka nga kaya ginanon ng Deib Lohr ang Maxpein dahil na-love at first sight ang lolo mo.. Hindi matanggap sa sarili dahil hindi na kagandahan--mashuba pa ang lola mo haha!" si BJ.

"Hoy, bakla! Payat na ngayon si Taguro kaya mas lumabas ang tunay nyang ganda!" sigaw ni Deib kay BJ.

"Oo at ngayon---isa ka sa mga nag-aasam ng ganda ni bakla.. Hahahaha! Bading ka rin ata Deib eh!" si BJ.

"A-Ano kamo?!" sigaw ni Deib.

"Echoz lang.. OA nito.."

"Bakla!" sigaw ni Deib sa kanya!

"Bading! Hahahaha! In denial! Mapangutya!!"

"Manahimik ka nga!" inis kunwaring sabi pa ni Deib at nagtawanan na naman kami.

Muli kaming nagkwentuhan hanggang sa matapos ang oras ng Lunch break..

Tulad ng nakasanayan ay punta sa locker bago umakyat sa mga classrooms namin..

DISCUSS

DISCUSS.

DISCUSS.

BREAK.

DISCUSS.

DISMISSAL.

Ramdam ko ang pananakit ng ulo ko sa sobrang dami ng inaral sa araw na 'to.. Tulad ng nakasanayan na rin ay palit gamit at saka dumeretso sa parking lot. Sabay sabay pa rin kaming lahat.

"Gusto mo bang tumambay muna sa bahay??" tanong pa sakin ni Lee.

"H-Hindi na muna ngayon, sweetie.. nanakit ang ulo ko sa sobrang hard ng mga topics ngayon.."

"Agree ako dyan! Lalo na sa Math! Jusme!" si Migz.

"O sya, Naih, mauna na kami, nandito na ang sundo ko.." sabi pa ni BJ at kinawayan ko naman sya! **"Tara na, Migz!"** yaya nya pa kay Migz na sa kanya sasabay. Si Michiko naman ay ihahatid ni Tob at ako naman ay kay Lee. Bumaling pa muna ako kila Deib, Tob at Michiko.

"Oyy!! Una na kami!" sigaw pa ni Tob!

"Mauna na rin ako.." sigaw pa ni Deib.

"Sige sige! Ingat kayo!" sigaw ni Lee na kumaway pa sa kanila! Kumaway lang rin ako at saka muling bumaling kay Lee. Inalalayan nya pa ako pasakay sa kotse nya.

"Ang sakit sakit ng ulo ko shet.." sabi ko pa habang nakahawak sa noo ko.

"Ihahatid na lang kita, magpahinga ka na pagkauwi ah??" si Lee, napabuntong-hininga naman ako.

"Mmm.. andami ko pang gagawing assignments.."

"Gusto mo tulungan kita? Wala naman akong masyadong gagawin.."

"H-Hindi na.. Don't worry, kaya ko 'to.. hahahaha! Ako pa?! Kaya ko lahat yan!"

"Sweetie.." nag-aalalang tawag nya pa.

"Don't worry about me, maya maya wala na 'to.. Iinuman ko lang ng gamot.." nakangiting sagot ko at gulat naman akong napatingin sa kanya nung bigla syang lumapit sakin at..

Hinalikan ako sa noo!

"Waaaaaaaaaaaaa!!!" malakas na sigaw ko!

"W-What!? W-What!? What!?" hindi magkandaugagang sigaw rin nya!

"Eeeeeeeeekkkkk!! Kekekekekekeke!!! Kinilig ako!!!!!!!!!!" sigaw ko at napabuntong-hininga naman sya!

"You're crazy!" sigaw nya sakin at saka pinaandar ang kotse nya!

"Hehehehe! Nawala ata ang sakit ng ulo ko hehehe!"

"Tsh! Ginulat mo ko!"

"Hahahahahahaha! Tinupad mo ang pangarap kong mahalikan sa noo, kapag ganitong masakit ang ulo ko heheheheheheh!!!"

"Tsh!" singhal nya lang at saka natawa..

Nagdaldalan pa kami sa daan at hindi ko na naramdaman pang nanakit ang ulo ko!

DEIB'S POV

Mabilis na tumakbo ang oras at natuwa naman ako..

Mas mabilis ang oras---mas mabilis kong makikita si Taguro.. Hehehheh!

Pagkatapos na pagkatapos ng klase ay dumeretso na ako sa bahay..

Nakipagdaldalan muna ako kila Mommy sa baba tapos ay dumeretso na ako sa kwarto ko at nagsimulang gumawa ng assignments ko. Maggagabi na rin nung matapos ko yun at eksakto namang pumasok si Mommy sa kwarto ko.

"Dinner's ready, baby.. Hindi ka pa ba tapos dyan??" nakangiting tanong ni Mommy. Inayos ko naman muna ang ibang gamit ko at saka ako tumayo para lumapit sa kanya.

"Katatapos ko lang, Mom.."

"Yiiieee.. mukhang inspired ka ah?!"

"Oo naman yes, Mom!"

"That's good.. Kwentuhan mo ko hihihihihi.."

"S-Saka na, Mommy hehehehe!"

"Yiiieee, o sya sige, nandyan ang Lolo mo, sasabay siya sa ating magdinner.."

"E-Eh si Chairman, Mom?? Nandyan ba??"

"Wala sya, bukas daw ay pupunta dito.." sabi pa ni Mommy at tango lang ang naisagot ko. Sabay naman kaming bumaba at agad naman kaming sinalubong nila Dad, Lolo, Noona at Manang.

"Mmm.. You like tired, son.." sabi pa sakin ni Dad.

"Yeah, maraming assignments, Dad.." sagot ko pa.

"Magpahinga ka na after dinner.."

"Yes, Dad.."

"Nagawa mo naman ba ang lahat ng assignments mo, Deib Lohr??" si Lolo.

"Oo naman yes, Lo!" taas-noo'ng sagot ko.

"Mabuti naman.. Mas matutuwa ang Chairman sa mga ganyang ginagawa mo.."

Napayuko naman ako dahil may laman na naman ang sinabi nya.

"Ahh Dad.." si Daddy kay Lolo. **"Nagsisimula ng bumagyo.. hindi pa rin ba suspended ang mga klase??"**

"Mmm.. **EHEM*,* ang tungkol sa bagay na yan ay DepEd ang nagdedesisyon.. Sa ngayon ay Primary pa lang ang suspended.. Sa Secondary ay hindi pa naman.." sagot ni Lolo at napanguso naman ako. **"Huwag kang mag-alala dahil ang anak mo naman ay de kotse kung pumasok.."** sabi pa ni Lolo na sinulyapan ako at napanguso naman ako. **"Ang ibang estudyante diyan ay nagtatiyagang magbyahe sa pampublikong sakayan para lang makapasok.."**

Sinulyapan naman ako ni Dad saka nagtuloy sa pagkain. Mukhang wala sa mood si Lolo ngayon.. Pero hindi ko yun pinansin..

"Lo.." tawag ko sa kanya.

"Mmm??"

"Y-Yung t-tungkol don sa.. R-Regionals??"

"Mmm?? Ano ang tungkol doon?"

"S-San po yun??"

"Bakit mo naman naitanong??" takang tanong ni Lolo kaya naman bahagyang ngumiwi pa ko kunwari.

"W-Wala naman, Lo.. Hehehehe.. H-Hindi kasi nabanggit ni Coach samin ang tungkol don.."

"Hindi ka naman kasali kasi.." sabat ni Noona!!!

"G-Gusto ko lang malaman, h-hehehe.. B-Biglaan kasi.." palusot ko.

"Sa Manila.."

Hindi na ako masyadong kumibo pa dahil baka maghinala na sila sakin kapag nagpumilit pa akong magtanong. Tinapos ko lang kumain at tulad nga ng sinabi ni Daddy ay pumanik na ko sa kwarto ko pagkatapos..

Tumambay ako sa veranda at doon idinial ang number ni Taguro..

"Oh?"

"A-Ayan ka na naman sa *'oh'* na yan e!" inis na sagot ko at natawa naman sya.

"Pasensya na, pagod kasi ako e.." pagdadahilan nya kaya naman napabuntong-hininga naman ako at saka ngumuso.

"B-Bakit ka naman napagod??"

"Ang hirap kasing mag-isip.. Medyo magaling yung nakalaban namin ni Sam kanina.."

"Kumusta pala ang laro nyo?"

"Ayos naman, wala pang talo.."

"Nice.. Edi makakakuha ka ng Scholarship mo??"

"Mmm, sana.." masaya pang sabi nya. **"Kaya nga ako nandito e, para makakuha ng scholarship, hindi para magyabang lang.."**

"Parang siguradong sigurado ka ah?!"

"Oo naman, hindi naman ako pupunta dito kung alam kong wala akong laban.. Determinasyon ang tawag dyan, hindi na yan yabang.."

"Hahahahaha! Wala naman akong sinabi ah!?"

"Tss, alam ko namang yun ang iisipin mo.." humikab pang sabi nya.

"Inaantok ka na??"

"As usual, oo.."

"Kumain ka na ba??"

"Mmm, andami ko ngang nakain.. Ang dami rin kasing um-order ni Coach.."

TING!*TING!*TING!

May naisip ako bigla!

Ang tanga, hahaha! Bakit nga ba hindi ko naisip na si Coach na lang ang tanongin?! Tutal.. hindi nya rin naman sasabihin kapag sinabi kong susurpresahin ko si Taguro!

"Woi.." sabi nya at bumalik naman ako sa wisyo.

"H-Ha?!"

"Tinatanong ko kung kumain ka na??"

"Oo, hehehe.. Pati assignments ko, tapos na! Hahahahaha!"

"Nice.. O edi, magpahinga ka na tapos matulog ka na.. May pasok ka pa bukas.."

"Opo.. At bukas, magkikita na tayo hehehehe.. Anong oras nga pala ang tapos ng laro nyo bukas??"

"Hanggang 11:00am lang ang lahat ng laban, after that ay awarding na agad.. May dalawa pa kaming laro ni Sam bukas at isa ke Randall.. Sana manalo, para may scholarship kami pare-pareho.."

"S-San ka nga pala mag-aaral kapag nakatanggap ka ng scholarship??"

"Mmm.. pwede naman daw akong pumili ng school na gusto ko.. Pwede na sakin ang BIS.."

"Wooow.. hehehehehe.. I'm happy for you.."

"Mmm, thanks.. O sya pano?? Inaantok na talaga ako.. maliligo pa ako e.."

"S-Sige sige.."

"Matulog ka na rin para maaga kang mahaba ang tulog mo.."

"Sige hehehehehe.. Iisipin pa kita e.."

"Tss.. Sige na, ibababa ko na ah??"

"Sige, bye.."

"Bye.."

~TOOT! TOOT! TOOT!~

Tulad ng sinabi nya ay naligo lang rin ako at saka ko na sya magdamag na inisip! Hanggang sa makatulog na ako..

♥ K ♥ I ♥ N ♥ A ♥ B ♥ U ♥ K ♥ A ♥ S ♥ A ♥ N ♥

Thursday

MAX'S POV

Hapon na nung magsimula ang Awarding at masaya naming tinanggap ang premyo namin.

"And last but not the least, Maxpein Zin Del Valle from Laguna!" sigaw nung announcer at nagkatawanan naman kami. Sila Sam at Randall kasi ay naunang tinawag at akala ko ay nakalimutan na ako at hindi na makakatanggap ng premyo. **"Congratulations!"** bati sakin nito pagkalapit ko.

"Thank you.." tugon ko at isa-isang nakipagkamay sa mga tao'ng nandoon sa maliit na entablado. Matapos nun ay mabilis akong bumalik sa pwesto namin at nakinig sa closing remarks ng event na yun.

"Wooohhh!! Nakakapagod ang isang yon!" sabi pa ni Sam sakin. Ngiti'ng ngiti'ng nilingon ko naman sya.

"Congrats!" bati ko sa kanya at ngumiti rin sya sakin. **"Congrats.."** bati ko rin kay Randall.

"**Congratulations, we did it..!!!"** si Randall.

"Congrats!!" bati naman sakin ni Sam at saka inakbayan ako! **"Tuwang tuwa ka ah?! Gustong gusto mo talagang maukha ang scholarship na yan!?"** tanong nya at nakangiting tumango naman ako! **"Psh! Sa yaman nyong yan, bakit sa scholarship ka umaasa?!"** tanong nya at umalis naman ako mula sa pagkakaakbay nya. Papunta na kami sa Resto para mag-early lunch.

"Tss.. Sa yabang kong 'to? Kahihiyan na saking matatawag ang humingi ng pera mula sa pamilya ko.." natatawang sagot ko sa kanya.

"Hahahaha! Loka! Psh! Kung pwede ko nga lang ipamigay yung scholarship ko ay ginawa ko na.."

Pagdating sa Resto ay mabilis kaming nagsimulang kumain, sumunod lang si Coach sa amin..

"San ka galing, Coach??" si Randall.

"Ahh.. kinausap ko ang driver ng school bus natin.." animong nag-aalalang tugon ni Coach matapos ay naupo sa harap namin na animong problemado.

"May problema ba, Coach??" tanong ni Miss Reycie.

"Bumabagyo na raw ngayon doon sa Laguna.. Hindi sya sigurado kung masusundo nya tayo.."

Gulat akong napatingin kay Coach! Natigilan rin ang lahat at saka bahagyang napaisip.

"Hanggang 2:00pm lang tayo pwedeng magstay dito sa Hotel at kapag lumampas tayo doon ay panibagong bayad na naman yon.." si Coach. Natigilan naman kaming lahat at wala ng nakaimik.

Kaya naman tahimik kaming nagsikain at matapos non ay agad na bumalik sa kwarto namin.

"Ang lameg!" sabi pa ni Sam pagpasok namin sa kwarto.

"Ayusin nyo na ang gamit nyo.." utos pa samin ni Miss Reycie.

"Nako, ang kay Maxpein ay hindi man lang nagulo! Kaya ako lang at ikaw Miss Reycie ang mag-aayos ng gamit dito.." sabi pa ni Sam na itinuro ang mga gamit ko. Nginitian ko naman sila at saka nahiga sa kama ko.

"Matutulog muna ako.." sabi ko at lumabas naman sila dala ang ibang mga gamit nila.

~EEENNNK...~

Nasan kalagitnaan ako ng tulog nung maramdaman ko ang pagbigat ng kana'ng parte ng kamang hinihigaan ko. Batid kong may naupo sa tabi ko. Dahan dahan kong iminulat ang mga mata ko..

Munit nadismaya ako sa nakita ko..

Halos maduling ako sa sobrang lapit ng mukha ni Randall sa mukha ko!

"I miss kissing you.." bulong pa nya habang nakatingin sa labi ko! Halos mahigop ko ang amoy toothpaste nyang hininga! Wala na sa

dalawang daliri ang layo ko sa mukha nya! Nakayuko sya sakin at mas lumalapit pa!

"I don't remember kissing you.." pigil ang galit na sagot ko at ngumisi naman sya!

"You didn't kiss me.. but I did.. secretly.."

Natigilan ako sa sinabi nya! Hindi ako makapagsalita at nanatili akong nakatingin ng deretso sa mga mata nya!

~GLAAAAAG!~

"Gago ka ah!"

~BLAAAAAAAAG!!~

"Ang lakas ng loob mong pagsabihan ako tapos ganyan ang ginagawa mo?! Gago!!"

~BLAAAAAAAAG!!~

~BLOOOOOOG!!~

"T*ngina mo---sumagoooot ka!"

~BLAAAAAAAAG!!~

~BLOOOOOOG!!~

Isang mabilis na pangyayari ang biglaang pagpasok ni Sensui sa kwarto'ng yun at makita kami! Mabilis syang lumapit samin at dinaklot si Randall at saka sunod sunod na sinuntok!

Mabilis akong tumayo para awatin sila!

"T-Tama na!!" sigaw ko at saka pumagitna sa kanila! Pareho silang naghahabol ng hininga! **"Tama na!"** sigaw ko pa ulit!

"Gago ka?! Ha!! Anong sinabi mo sakin nung birthday ko!? Ha?! Uliting mo ngayon lahat sa harap ko!! Ngayon mo ipagmalaki sakin lahat ng nalalaman mo!! Sabihin mo sakin kung pano mo ko pinagmukhang tanga sa harap ng kapatid ko at ng Mommy ko----"

"Tama na!!" sigaw ko pa sa akmang pagbubuno na naman nila! **"Tama na sabe!"**

"A-Anong nangyari dito?!" kumakaripas na pumasok si Coach sa kwarto'ng yun! **"E-Enrile?! A-Anong nangyari dito!?"** may galit sa tonong tanong nya pa munit walang sumagot sa kanila!

Hinila ni Sensui ang braso nyang hawak hawak ko at saka lumabas sa veranda!

Napapailing na tumingin ako kay Coach at saka bumuntong-hininga!

"A-Ako na lang ho ang kakausap sa kanila.." sabi ko pa.

"Echavez!" tawag ni Coach kay Randall. **"Sumunod ka sakin!"** utos nya pa at saka naman nila kami iniwan!

Napabuntong-hininga pa ako ng isa at saka sumunod kay Sensui sa may veranda!

Pilit kong inalis ang kaba sa dibdib ko at saka hinarap sya!

Habol habol nya pa rin ang hininga nya habang masama ang tingin sa kawalan!

"A-Anong ginagawa mo dito??" tanong ko at inis naman syang nilingon ako!

"N-Nakikita mo yun?!" galit talagang tanong nya at habang nakaturo sa labas ng veranda! Nakita ko naman ang napakadilim na langit! **"Sinuong ko yung bagyong yun---mapuntahan ka lang dito!"** gumagaralgal ang boses na sigaw pa nya at napayuko naman ako. **"Tapos g-ganon na naman yun makikita ko?? Sige.. hihintayin ko yung paliwanag mo.. Baka *'nagkakamali'* na naman ako ng nakikita at *'mas masaktan'* na naman kita.."** hamon nya.

"D-Deib.."

"I need an explanation, Max.."

"S-Sorry.."

"I don't need an apology, Max.. I need an explanation.." nangingilid na ang mga luhang pakiusap nya. Sunod sunod naman ang naging paglunok ko!

Pano ako magpapaliwanag?! Hindi ko rin alam kung anong ipapaliwanag ko! Masyadong mabilis ang pangyayari!

Tumingin ako sa mga mata nya at hindi nakapagsalita.

"P-Please, w-wag mo kong ganitohin.. G-Gusto kong marinig yung nangyari.. B-Bakit kailangan kong makita kayo ni Randall.." napayuko sya at doon nagsimulang tumulo ang luha nya. Gumagalaw galaw pa ang nguso nya na animong pumipigil sa mga luha nya! **"..b-bakit kailangang m-makita ko kayo sa g-ganong klase ng sitwasyon??"** pigil ang galit pang tanong nya!

Pero hindi ako makasagot!

"H-Hinalikan ka ba nya??" lumuluhang tanong nya at pakiramdam ko ay bumabaon sa dibdib ko ang sakit na nararamdaman nya!

"H-Hinde.." nalilitong sagot ko at natigilan sya.

Lumuluhang tumitig sya sakin saka yumuko sa kamay ko..

At saka dahan dahang lumapit sakin at YINAKAP ako..

"Tama na.. y-yun lang ang eksplanasyong gusto kong marinig.. W-Wag mo na hahayaang lumapit s-sya ulit sayo ng ganong k-kalapit.. Hindi ko kayang makita.." bulong nya at saka mahigpit na niyakap ako.

Hindi ko pa man nagagawang yumakap rin sa kanya ay kusa na syang umalis sa pagkakayakap sakin!

"Sa susunod na lumapit sya ng ganon kalapit sayo---lumayo ka na.." nakangusong utos nya kaya naman hindi ko naiwasang matawa. **"A-At sa susunod kapag ganitong pinipigilan ko lang ang selos ko, wag kang tatawa tawa!!! Tch!!!"**

"Mahal kita.." nakangiting sagot ko.

"Ewan ko sayo, Taguro---"

"Mahal kita.."

"Wag mo kong ginaganyan ganyan ngay---"

"Mahal kita..."

"S-Sinabi ng wag mo---"

"Mahal kita.."

"Ta--"

"Mahal kita.."

"B-Badtrip ka ah!"

"Mahal nga kasi kita.."

Natatawang iniiwas ko ang paningin ko sa kanya at saka tumingin sa labas ng veranda.

OceanofPDF.com

CHAPTER 148

RANDALL'S POV

"Ano?! Ayos ka lang ba?!" inis na tanong sakin ni Coach habang nakatingin sa putok na labi ko.

"A-Ayos lang, Coach.

"Why did you do that??" pigil ang galit na tanong sakin ni Coach.

Nasa dulo kami ng hallway papunta sa Hotel Room namin.

Magkaharap kami at kitang kita sa mga kilos naming kinukompronta nya ako kaya naman nililingon pa kami ng ibang tao'ng dumadaan doon. Bagaman tama lang ang lakas ng boses nya ay ramdam mo pa rin ang diin. Ramdam kong galit sya at hindi sya makapaniwala sa nangyari. Nanatili naman akong nakayuko at hindi makatingin sa mga mata nya sa sobrang pagkapahiya.

Hindi ako nakasagot!

"Nakita kayo ni Miss Reycie.." dagdag pa ni Coach at napatingin ako sa kanya. **"Hinatid ni Miss Reycie si Deib sa kwarto nyo, pero ang sabi ni Miss Reycie ay sabay sila ni Deib na nakitang hahalikan mo si Maxpein?! Ano ka ba naman?!"**

"C-Coach.."

"Randall.." pilit pinapahinahon ang sariling tawag nya sakin. **"Maniwala ka sakin, naiintindihan kong mag-ex kayo at meron kayong mabuting ugnayan na kayo lang ang nagkakaintindihan pero.. konting respeto naman sana sa mga kasama mo?? Nandito tayo, dahil sa Sportsfest! Hindi para unahin mo yang nararamdaman mo!"**

"H-Hindi ko naman sya nahalikan, Coach---"

"Hindi---pero hahalikan mo?!" galit na tanong nya at napayuko naman ako!

Hindi lalo ako nakasagot sa kanya!

"Kahit saang anggulo natin tignan ay ikaw ang mali! Kwarto ng mga babae ang pinasok mo, Echavez!" napapahawak pa sa noo'ng mahinang sigaw nya sakin kaya napailing pa ako. **"Pinasok mo na ang kwarto,**

dinikitan mo pa.. Alam mo namang natutulog yung tao--niyukuan mo pa?!"

"G-Gising sya, Coach.."

"Kahit pa! Alam mo naman siguro'ng girlfriend ni Enrile si Del Valle?!" dagdag tanong nya at tumango naman ako. **"Kaya ganyan ang inabot mo.."** sabi nya pa na itinuro ang sugat sa labi ko. **"Sumama ka sakin, gamotin natin yang sugat mo.."**

"H-Hindi na, Coach.. M-May dala akong kit.." mahinang tugon ko.

"Doktor ka nga pala, ano?" tanong nya pa at hindi na ako sumagot. **"Sige.. gamotin mo ang sarili mo.. Pero, eto.. Seryosong usapan.. *'huwag'* ka nang papasok sa loob ng kwarto ni Maxpein---malinaw?!"**

"Y-Yes, Coach.."

"Sige na.. Go back to your room, tatawagan ko pa ang driver natin.." salubong pa rin ang kilay na sabi nya.

Kaya naman nakayuko pa ring naglakad ako pabalik sa room namin.

Nasa living area sila Sam at Miss Reycie pagpasok ko.

Nagkatinginan kaming tatlo pero hindi ko na sila pinansin pa.

Dumeretso ako sa kwarto ko at saka doon inayos ang sarili ko.

Tinignan ko ang sarili ko sa salamin sa loob ng banyo..

Tsk.. May bangas na naman ang mukha ko!

Napakalakas ng suntok ni Deib at nahilo talaga ako kaya naman hindi pa ako nakakatayo ay nasapak na naman nya ako!

Kitang kita ko ang galit sa mukha nya at ngayon..

Kinakabahan ako..

Pero hindi dahil sa baka banatan nya na naman ako..

Natatakot akong baka makarating kay Dein ang nangyari'ng 'to.. H-Hindi ko alam kung anong ipapaliwanag ko!

Napailing ako sa sariling naisip at saka salubong ang kilay na pinagmasdang ang putok kong nguso sa salamin!

Ano ba kasing iniisip mo! Tsk!

Maya maya pa ay kinuha ko na ang baon kong kit at saka ginamot ang sarili sa harap ng salamin.

Muling pumasok sa isip ko si Maxpein..

Sana hindi ko sya nabastos..

"Pero imposible.. nakakabastos ang inasal ko! Tsk!" inis akong napailing sa sarili!

Ang bilis bilis ng tibok ng puso ko dahil naguiguilty ako sa ginawa ko kay Maxpein! Kahit ako ay hindi ko maipaliwanag ang iniasta ko!

I don't remember kissing you..

"Tsh.. Pano mong maaalala---e tulog ka!" mahinang singhal ko pa at saka wala sa sariling napapatitig ako sa salamin..

~FLASHBACK~

"M-Maxwell.." tawag ko sa kanya nung mapansin ko sya'ng papasok sa Canteen. Hindi nya ako sinagot munit tumingin sya sakin.

Dali dali naman akong nilapitan sya.

"Bakit?" walang emosyong tanong nya nung makalapit ako.

"H-Hindi ko kasi n-nakikita si Pein.. A-Absent ba sya??" alanganing tanong ko.

"Hindi nya nabanggit sayo?"

"A-Ang alin??" kabadong tanong ko!

"Inaapoy sya ng lagnat at kailangan nyang magstay sa bahay ng mga ilang araw---"

"P-Pano sya'ng nagkaganon??"

"Tsh.. Pano syang nagkaganon??" sarkastikong pag-uulit nya sa tanong ko at natigilan naman ako. **"Hindi ba't ang tagal mong pinaghintay sa labas ng bahay mo ang kapatid ko?? Hinayaan mong maulanan samantalang kasama mo lang naman ang babae mo---"**

"Wala akong babae!" pigil ko sa kanya munit ngumisi lang sya saka ngumiwi!

"Wala nga ba??" sarkastikong tanong nya pa at saka tumingin sakin ng deretso. **"Bago pa lang kayo ng kapatid ko.. kaya nagagawa mo pa yan.. Sinasabi ko sayo---sa susunod na magkaganon ang kapatid ko ng dahil sayo.. ako mismo ang gagawa ng paraan para magkahiwalay kayo!"**

"M-Maxwell.." tawag ko sa kanya.

"Nasa bahay sya.. Pumunta ka na lang don pero.. ikaw ang gumawa ng paraan para patuluyin ka ni Mommy.. Alam mo namang hindi ka nya gusto para sa kapatid ko.." matigas na tugon nya at kumalma naman ako.

"S-Salamat talaga, pare---"

"At.." pigil nya agad sakin kaya naman natigilan ako. **"Wag mo nakong tatawagin ng ganyan.. Sinabi ko naman sayo.. Oras na patusin mo ang kapatid ko---buwag na tayo.."** seryoso'ng sambit nya pa at saka tinalikuran ako.

Naiwan sa kinatatayuan nya kanina ang paningin ko at saka ako napayuko..

Wala akong choice, pare.. Masyado ko ng mahal ang kapatid mo..

Napapabuntong-hiningang tumalikod rin ako at saka naglakad papalabas..

Kailangan ko syang makita..

Mabilis akong naglakad at tinungo ang kotse ko..

Hindi ba't ang tagal mong pinaghintay sa labas ng bahay mo ang kapatid ko??

"Tsk! Kailan ba kasi yon!? Wala akong maalalang pinaghintay ko sya sa labas ng bahay!" inis na sigaw ko sa sarili at saka nag-isip! **"S-Sinong babae ba ang sinasabi ni Maxwell---"** kusa akong natigilan!

"Si Layzelle!" inis na sigaw ko sa sarili!

Si Layzelle ay isa sa mga pilit na inirereto sakin ni Mommy kahit na alam na nyang may girlfriend na ako!

'sk! Badtrip!

Mabilis kong pinaandar ang kotse ko at saka nagtungo sa Mansion ng mga Del Valle!

~DING DONG!! DOOR BELL!!~

Mabilis akong nilapitan ng maid matapos ang isang door bell.

"Sir Randall.." sabi pa nito na agad na pinagbuksan ako ng gate at ngumiti naman ako.

"A-Ahh.. Bibisitahin ko lang sana si Maxpein, nandyan ba sya?"

"Yes, Sir.. Come in.." sabi nya pa at pinatuloy ako.

"Salamat, Melba.." sabi ko pa at ngumiti naman sya.

Kilala na ako ng mga maids dito, alam rin naman nila kung ano ako ni Maxpein.. Kialala actually ng lahat ng tao'ng nandito ang buong family namin..

"She's in her room, Sir.." sabi pa ni Melba pagkapasok namin.

"I see.. Please tell her that I'm here.." nakangiting tugon ko.

"She's sleeping, Sir.."

"Is it okay if I enter her room??" takang tanong ko.

"Of course, Sir.." nakangiting sabi pa nya at medyo nag-alinlangan naman ako at muling napatingin sa kanya. **"I'll tell them that you're here.."**

"Yes, thank you again, Melba.."

"You're welcome, Sir Randall.." sabi pa nito at saka tinalikuran ako.

Kaya naman dahan dahan pa akong pumanik sa hagdan at saka tinahak ang kwarto ni Maxpein.

Ang totoo ay hindi naman ito ang unang beses na nakapunta ako dito..

Hindi rin naman ito ang unang beses na papasok ako sa kwarto nya..

Pero nakakailang lang dahil twing pupunta ako dito ay nandito rin ang lahat ng tao. Ngayon kasi ay bukod kay Melba, wala ng ibang sumalubong sakin at nakakitang dumating ako para bumisita.

Gayunpaman ay mas inuna ko ang kagustuhan kong makita ang lagay ni Maxpein kaya naman nagtuloy pa rin ako. Kumatok pa ako ng bahagya sa labas ng kwarto nya at saka pa lang ako pumasok..

Mula sa pinto ay tanaw na tanaw ko syang nakahiga sa kama nya at mahimbing na natutulog. Dahan dahan akong pumasok at saka isinara ang pinto.

Napabuntong-hininga pa ako nung makita ang bahagyang pamumutla ng mukha nya.

Naupo ako sa gilid ng kama at saka hinawakan ang pisngi nya. Doon pa lang ay ramdam ko na ang sobrang init nya.

Munit hindi ko napigilan ang sariling mapangiti nung matitigan ko ang mukha nya..

You're so beautiful..

Twing maaalala ko kung gaano nya akong pinapakilig..

Hindi ko maiwasang hindi mapangiti ng sobra..

Kakaiba sya..

Napapailing na tinignan ko sya mula sa buhok..

Papunta sa mga kilay..

Pababa sa mga mata..

Sa ilong..

Hanggang sa matigilan ako sa labi nya..

Magdadalawang buwan na kami pero hindi ko man lang nagawang halikan ang labi nya..

Natatakot akong baka mabastos ko sya..

Sa dami ng naging chicks ko.. Sya lang yung babae'ng parang hindi papayag mahalikan..

Muli akong natawa ng bahagya..

Wala sa sariling dahan dahang iniyuko ang ulo ko..

AT SAKA MARAHANG INILAPAT ANG LABI KO SA MGA LABI NYA..

"I'm not who I was before because you changed me.. And I love you for that.." mahinang bulong ko. **"I don't want anyone else, Pein.. I want you, so I'll wait for you.. Please.. Please get your strength back soon??"** patanong ko pang bulong at saka muling hinaplos ang pisngi nya. **"I love you.."**

Sandali pa akong nanatiling nakatingin sa kanya munit kahit na lakasan ko pa ang boses ko ay mukhang masyadong mahimbing ang tulog nya.

"I have to go now.. Dumaan lang ako para kumustahin ka kaso, tulog ka.. Magpalakas ka na.. andami dami ko pang kailangang i-explain sayo.. Kailangan ko pang magsorry sa harap mo at gumawa ng paraan para makita ko ulit yung ngiti mo.. Magpagaling ka na ha?? Hihintayin kita.." sabi ko pa at saka hinalikan sya sa noo. **"I love you so much, Pein.."**

Matapos nun ay dahan dahan akong lumabas ng kwarto nya at saka marahang isinara ang pinto.

Napakasarap sa pakiramdam na kahit ganon ang lagay nya ay nakita ko naman sya. Napakalakas na ng dating sakin na makita ko sya, ano mang lagay nya. Pero hindi ko pa rin maiwasang hindi mag-alala.

Ipapaliwanag ko sayo lahat, don't worry.. Wala akong ililihim----

"Nagkausap kayo?"

Gulat akong napatingin sa tagiliran ko!

"P-President Maze.." sabi ko pa at saka tumango sa kanya.

Tumingin pa muna sya sa kwarto ni Pein at saka muling tumingin sakin.

"How is she?" tanong nya pa.

"H-Hindi ko na po sya ginising.. m-mukhang mahimbing ang tulog nya.."

"Kailangan nyang magpahinga.. mga ilang araw pa syang hindi makakapasok.."

"G-Gano po kaya katagal yon?"

"Hahaha! Now you're asking??" sarkastikong tanong nya. **"Alam mo ba kung bakit sya nagkaganyan?!"**

Napayuko ako bigla at nakaramdam ng matinding hiya! Mas lalong hindi ako nakasagot!

"Tsk tsk tsk.. Tigilan nyo na ang kalokohang pag-ibig na yan at magsipag-aral na lang kayo.." madiing sabi nya pa at saka nilampasan ako.

Dali dali ko namang inayos ang sarili ko at saka ako umuwi.

~END OF FLASHBACK~

Kung babalikan ko ang oras na yon, Pein.. Hindi ako magdadalawang-isip na gawin pa rin yon.. hahalikan kita kahit pa hindi mo nakikita..

Napangiti ako sa isiping yon..

Hindi lang rin yun ang una't huling beses na ginawa ko yun..

Naalala ko rin ang minsang natutulog sya sa kotse ko.. Hinalikan ko na naman sya ng palihim..

Isang beses rin ay sa kwarto ko naman at nagpapahinga sya..

Isang beses rin nung lasing na lasing sya..

'Hahahah---'

Bakit natatawa ka pa?!

H-Hanggang doon lang naman ang ginagawa ko! Maski mag-isip ng masama ay hindi ko nagawa!

Napapabuntong-hininga pa ako habang nilalapatan ko ang sugat ko ng gamot..

Yari na naman ako kapag nalaman ni Dein 'to.. Tsk!

Naiisip ko pa lang na malalaman ni Dein ang ginawa ko parang nanlulumo na ako..

Sana wag na nilang sabihin..

"Tsk.. A-Ano ba kasing nangyayari sayo, Randall?! Para kang tanga! Tinanggihan ka na't lahat naghahabol ka pa!" inis na singhal ko pa sa sarili! "Bakit nga ba naghahabol ka pa?!"

Tsk.. Bobo..

Hindi ko rin talaga maintindihan ang sarili ko..

Para may sariling isip rin ang katawan ko at kusang kumikilos kahit hindi sang-ayon ang utak ko!

Badtrip!

Hindi ko tuloy alam kung paano kong haharapin si Maxpein ngayon!

~RIIIIINNNNGGG!!!~

Napatingin na lang ako sa labas ng banyo nung biglang tumunog ang cellphone ko.

Inayos ko pa muna ang mga gamit at saka kinuha yon..

~Honey Calling. . . ~

Si Dein!

"H-Hon??" sagot ko.

"Hi, Honey.. How's the game??"

"Okay naman.."

"Panalo?"

"Tsh.. Do you really have to ask that??" natatawang pagyayabang ko.

"Ahh yeah, I almost forgot! Ikaw nga pala ang anak ni Efren Bata Reyes.. Eh kumusta naman ang mga kasama mo??"

****KAUNTING KAALAMAN d--,b Si Efren 'Bata' Reyes ay kilala sa larangan ng laro'ng BILYAR, kilala bilang "The Magician" at manlalaro ng bansa'ng Pilipinas. Filipino Pride! Idol ko yan.***

Napabuntong-hininga ako bigla.

"Sila Max?? Nanalo rin ba?" dagdag tanong nya at nakahinga naman ako ng maluwang.

"M-Mmm.. Lahat kami nanalo.."

"Wow, that's nice! Congratulations!!"

"Thank you.."

"E bakit parang sobrang lungkot mo naman?!"

"H-Ha?? H-Hindi ah.."

"Oh come on, Hon.. I know you too well.."

"Namimiss lang kita.." sagot ko.

Hindi ko maintindihan ang sarili ko..

Ramdam kong totoo ang sinabi ko..

Namimiss ko talaga sya..

Pero merong kaba sa loob loob ko at ngayon ko lang naramdaman ang ganitong klase ng kaba!

"Ows???" hindi makapaniwala kunwaring tanong nya.

"Y-Yeah.. I miss you.."

"Sus! E parang iilang araw ka lang naman dyan, Hon! Baka nga sa sobrang dami ng magagang gurls dyan e ni hindi mo man lang ako naisip.."

I sighed..

That's Dein..

Ganyan sya.. She's acting all cool.. Na okay lang sa kanyang tumingin ako sa ibang babae dahil alam nyang sa kanya pa rin naman ako babagsak in the end..

Bakit nga ba hindi ko nakita ng maaga ang ganyang ugali nya? Na gagawin ang lahat.. wag ko lang syang iwan..

Stupid..

"Hon.." tawag ko sa kanya.

"Mmm??"

"I-I'm sorry.."

"Sorry?? For what??"

"For everything.."

"E-Everything??" naguguluhang tanong nya at napabuntong-hininga na lang ako at napayuko sa kamay ko. **"I'll talk to you when I get back there.."**

"H-Hon.." may bahid ng pag-aalalang sambit nya.

"Don't worry, there's nothing wrong.. I just feel like s-saying s-sorry.."

"Is there something wrong??"

"No.. There's nothing wrong.."

"Hon.."

"Honey, I love you.." sinserong sambit ko pa.

"I love you, too.. A-Are you sure you're okay???"

"Yeah.. lalo na't tumawag ka.. Hehehe.."

"Psh.. Siguraduhin mo lang.. Hihintayin kita okay??"

"Okay.."

"I love you.."

"I love you more.. Mrs. Echavez.." nakangiting sambit ko pa.

"Psh! I love you!"

"Sige na, ibaba mo na.."

"Be safe, okay?? I love you.. Bye.." then she ended the call.

Malalim pa ang hinugot kong hininga at saka napatitig sa cellphone.

Babawi ako sayo..

DEIB'S POV

"Sa susunod na lumapit sya ng ganon kalapit sayo---lumayo ka na.." utos ko pero tawa lang ang isinukli nya!

Badtrip talaga 'tong babae'ng 'to kahit kailan!!

"A-At sa susunod kapag ganitong pinipigilan ko lang ang selos ko, wag kang tatawa tawa!!! Tch!!!"

"Mahal kita.."

Wag kang easy to get, Deib! Heehe!

"Ewan ko sayo, Taguro---"

"Mahal kita.."

"Wag mo kong ginaganyan ganyan ngay---"

"Mahal kita..."

"S-Sinabi ng wag mo---"

"Mahal kita.."

"Ta--"

"Mahal kita.."

"B-Badtrip ka ah!"

"Mahal nga kasi kita.."

Badtrip naman 'to! Hahaahaha! Woooohh!!!

Ang bilis bilis ng tibok ng puso ko munit hindi kaba ang nagdudulot niyon..

Kilig, dre.. Sobrang kilig! Bwahahahaha---

"Woi, bakla..!!!"

"A-Anong bakla?! S-Sinong bakla?!!!" inis na tanong ko sa kanya.

"Tss.. Hindi ikaw ang kausap ko.." sabi pa nya at saka ko lang nakitang may kausap sya!

Akala ko ako na naman e..

"Ano?!" gulat pang tanong ni Taguro at napatingin ako sa kanya. **"Tawagan mo si Coach.. Sige.. Sige, salamat.."** sabi nya pa at saka ibinaba yun at tuminign sakin.

"Sino yon?" tanong ko.

"Si Migz.."

"Oh? Bakit??"

"Hindi daw makaalis alis don yung school bus.."

"Oh e ano naman??"

"Tss.. Yun ang service namin!"

"Oo nga pala.." napapatango'ng sagot ko. **"E ang lakas nga kasi ng bagyo.. Sabi ko naman sayo, tignan mo ang langit.. Yan!"** turo ko pa sa langit! **"Ganyan katindi ang bagyo'ng sinuong ko para lang makita ka, Taguro---"**

"Tss.. Makasumbat ka naman akala mo tumakbo ka papunta dito.."

"A-Anong s-sabi---Hoy!! B-Bawiin mo yang sinabi mo!" sigaw ko sa kanya!

"Baket?! Hindi ba't nakakotse ka namang talaga!? Baka nga maski ambon hindi mo nagawang lakaran.." tatawa tawa pang sabi nya at sinugod ko naman sya!

"Anong sabi mo??" mayabang na tanong ko at napaatras naman sya! Munit mas lumapit pa ako! **"Talagang mas gugustuhin mo palang pumunta akong basa'ng basa ng ulan dito para maappreciate mo ang pagdating ko?!"** inis kunwaring tanong ko at saka nagtuloy sa pagsugod sa

kanya! **"Hindi mo man lang ba naaappreciate yung---kahit na alam kong *'delikado'* sinuong ko ang bagyo, makapiling ka lang mahal ko??"**

"Tss.." singhal nya pa. **"Rhyming.. ayos yan.."**

"Hoy! Taguro!!"

"Woi! Sensui!!"

Buset talaga!

Mas sinugod ko pa sya hanggang sa makorner ko sya sa dulo ng veranda!

"Yon ang tinatawag na *'effort'*! Alam mo ba yun, ha?! Ha?!" tanong ko na mas inilalapit ang mukha sa kanya!

"Ahh.. ang alam ko kase.. ang '*effort*' ginagawa lang.. hindi isinusumbat!" sigaw nya sakin kaya naman napapikit pako!

"H-Hindi ko sinusumbat---sinasabi ko lang! Dahil kung hindi ko sasabihin---hindi mo rin makikita!"

"Anong hindi makikita?! E nandito ka nga sa harap ko! At ikaw ang isang malaking ebidensya ng effort! Tuleg 'to.."

"L-Loko ka ah!" sigaw ko sa kanya.

"Balot!"

"A-Anong balot!?"

"Hehehehe.. Wala lang.." sabi nya at saka marahang tinulak ako. **"Tabe.."** sabi pa nya pero..

"Uhmp!" mabilis ko syang binihag sa magkabilang braso ko.

Sa madaling salita..

NIYAKAP KO SYA..

"A-Ano?!" singhal nya!

"Dito ka lang.."

"A-Aayusin ko yung mga gamit ko!"

"Ako muna ang ayusin mo.." marahang bulong ko pa.

"A-Anong aayusin ko sayo!?"

"Yung buhay ko! Ayusin mo ang buhay kong ginulo mo! Hahahahahahaha!"

"Tss! Puro ka kalokohan!" sabi nya pa na umastang kakawala munit hinigpitan ko pa ang pagkakayakap ko! **"A-Ano ba?!"**

"Sabi mo mag-uusap tayo ngayon!? Thursday na ngayon, Taguro.." nakangising sabi ko pa.

"Tss.. Wag kang makulet!"

"Makulit ako! Mangungulit ako at ikaw ang kukulitin ko!"

"Narinig mo ng harap harapan lahat ng sinabi ko, ano pa bang gusto mo!?"

"Sagotin mo ko.."

"Ng ano!?"

"Will you be my girlfriend??" nakangisi pang tanong ko.

Ang sweet sweet ko talaga! Hahahaha!

"Tss!" singhal nya pa.

"Sagotin mo na ako!"

"Ewan ko sayo!"

"Tatalon ako dito!"

"Edi tumalon ka!"

"H-Hindi mo ko sasaluhin?!" inis na tanong ko!

"Tsa! Sinong baliw ang sasalo sayo sa sobrang taas nito!?" sarkastikong tanong nya at napasimangot naman ako! **"Masyadong malambot ang tuhod mo! Hindi mo nga magagawang umakyat sa pasimano nito---tumalon pa kaya?! Hahahahahahaha! Kalokohan!"**

"T-Taguro!" sigaw ko!

"Ang ingay mo!"

"Sagotin mo na kasi ako!"

"Nanligaw ka ba?!"

"L-Liligawan pa ba k-kita??" utal na tanong ko at kunwaring nag-isip naman sya munit nakangiti pa rin!

"Hindi ba't sabi mo.. napilitan lang naman akong sagotin ka dahil sa pustahan sa basketball?! Ngayon.. maghirap ka sa panliligaw mo!!" madiing sigaw nya at natigilan naman ako!

"T-Taguro naman.."

"Tss.. Ano!? Ha??" mayabang tanong nya.

"O s-sige.. liligawan kita pero.. w-wag mo kong pahihirapan ah??"

"Kasasabi ko nga lang e.. *'maghirap'* ka sa panliligaw mo!" ulit nya pa!

"E b-baka mainlove ka sa iba habang nililigawan kita e!"

"Tsa! Hahahahaha! Sino'ng iba naman ang tinutukoy mo?!"

"S-Sino pa?! Edi si Harlong!!!" inis na sigaw ko!

"S-Sinong..??" takang tanong nya! **"H-Haha---Bwahahahah!"**

A-Ano ba kasing nakakatawa! Tsk!

Nginusuan ko sya munit tumawa pa rin sya!

"A-Anong Harlong?! Harlon! Harlon ang pangalan nya---"

"Wala akong pakialam!" sigaw ko pa! **"Tch! May pakuha kuha ka pa ng number nya ah! Sa mismong harap ko pa! Hindi mo na lang ako binigyan ng lubid at inutusang magbigti mag-isa!"**

"Sino ba namang kasing tanga ang magbabaon ng lubid sa school?! Tss.."

"Wag mong ibahin ang usapan!" sigaw ko sa kanya!

"Wag mo kong sigawan!"

"H-Hindi naman e.." biglang malumanay na sabi ko at saka ngumuso sa kanya.

"B-Bitiwan mo na kasi ko--baka may makakita satin dito!"

"I don't care.. Hehehehehe! Namiss nga kita e! Dyan ka lang!" sigaw ko pa na mas inilapit ang katawan nya sakin!

"Hindi ako makahinga!"

"A-Ang OA mo.." bulong ko pa at saka binitiwan sya.

Pumunta ako sa tabi nya at saka inakbayan sya papalapit sakin.

Sarap!!

"Pero.. umamin ka sakin.." mahinang bulong ko pa. **"Tinext mo ba yung Harlong na yun?!"**

"Hinde!"

"T-Talaga??"

"Hindi nga.. Tss.. Hindi ko nga naitext erpats ko e, sya pa kaya?!"

"Hehehehehehehehe.. Kung ganon.. hindi mo sya gusto!?"

"Wow! Anong kala mo sakin!? Lahat ng lumapet---nagugustohan!? Hanep.."

"H-Hindi naman.. May dating rin kasi sya.." nakangusong sabi ko pa at saka tumingin sa malayo at inalala ang itsura nung Harlong na yon! **"Matangkad sya.. pero mas matangkad ako.. nang konte hehehe! Pansinin rin sya ng babae pero mas pansinin talaga ako.. Mabait sya at sobra naman ang gwapo ko.. Mukhang may kaya rin naman sya sa buhay pero mas kilala ang pamilya ko.. Ang masasabi ko lang.. may mga bagay na meron sya na posibleng magustohan mo.. lalo na't may itsura rin sya!"** inis na sigaw ko.

"At ang masasabi ko naman sayo.. *'bading'* ka'ng talaga!"

Hindi ako nakasagot at naiwan akong nakanganga habang nakatingin sa kanya!

Ngumiwi naman sya sakin!

"Kalalaki mong tao---pati itsura ng kapwa mo lalake napapansin mo!? Anak ng.. Tsk tsk tsk! Sensui!"

B-Bawal ba yun?!

"A-Aiiissh!!! Sagotin mo na kasi ako, Taguro!"

"Ayoko!"

"Bakit?!"

"Manligaw ka nga kasi!"

"Gusto na kitang maging girlfriend sabi!"

"A..YO..KO.. Ayoko!!!"

Ngumuso ako ng todo sa mukha nya at nagpaawa ng todo!

"Hindi mo ko mahal.." nakangusong sabi ko pa at saka umalis sa pagkakaakbay sa kanya.

"Tss.. para kang bata.."

"Hindi mo ko mahal.."

"T-Tumigil ka nga.."

"Hindi mo ko mahal.."

"Tss.. hahahhaha.."

"Hindi mo ko mahal.."

"Nakakarindi ka!"

"Hindi mo ko mahal.."

"Isa..."

"Hindi mo ko mahal.."

"Hindi mo ko mahal.." pag-uulit ko.

Hindi sya sumagot at tumingin lang sa mukha ko..

Ngumuso ako lalo at nagpanggap na soooooobrang lungkot!

"Hindi mo ko mahal.." isang ulit ko pa.

"Hahahahahaha! Ang cute mo.."

"Hindi mo ko mahal.."

"Mahal nga kita..."

"Hindi mo ko mahal.."

"King inang yan.. Para kang robot!"

"Sagotin mo na kasi ako!!!!"

"Hahahaha!" tinawanan nya lang ako.

Huhuhuhu!

Waaaaaa!!

Bagsak ang mga balikat na tinalikuran ko sya at saka naglakad papalayo ng *SOOOOOBBRANG* BAGAL!

"Woi.." habol nya pero nagtuloy lang ako. **"Woi! San ka pupunta!"** lalo akong nagtuloy sa paglalakad hanggang sa makapasok ako sa living room at ramdam ko naman ang pagsunod nya. **"Woi.. Aiishh! Woi!!!!"** sigaw nya pero nagtuloy pa rin ako kaya naman tumakbo sya papunta sa harap ko!

"Hindi mo ko mahal.." nakangusong bulong ko at tumawa na naman sya!

"Tara.. Gutom lang yan.. ililibre kita.." nakangiting sabi nya pero hindi ako nagpatinag. **"Wag ka ng umarte.."** lalo akong nagmatigas at hindi gumalaw! **"Edi wag.. Bahala ka dyan.. itetext ko si Harlong at sya ang ililibre ko!!!"**

"S-Sige na! Sige na! Bwiset! Burahin mo na nga yung number nyan! Akina ang cellphone mo!"

"Hehehehehehehe.. Kala mo, maiisahan mo ko ah?! Matalino 'to..." nakangising sabi nya pa!

"Akina sabi ang cellphone mo!"

"Tsk! Wag kang makulet!"

"Akina! Isa!"

"Hanep.. Ikaw na nagbibilang ngayon ah?! Kaltukan kaya kita?! Hehehehe.. Halika na.." sabi nya.

SABAY HAWAK SA KAMAY KO..

Hahahaahaha! Badtrip! Taguro.. Taguro.. Taguro.. Tsk tsk tsk..

"Wooohh.. Sweetness overload.."

Sabay kaming napalingon sa kanan!

SI SAM!

"Hehehehe.. Sweet ba??" sarkastikong tanong pa sa kanya ni Taguro at ngumisi naman si Sam! **"Tara na.. Baka magbago pa ang isip ko.."** sabi pa ni Taguro at saka kami naglakad papalabas ng room.

Hawak pa rin nya ang kamay ko hanggang sa makasakay kami ng elevator..

At hanggang sa makababa kami sa lobby..

Ganyan nga Taguro.. Maging sweet ka sakin para mawala ang selos ko hahahha!!

"Anong gusto mong kainin??" tanong nya pa habang naglalakad kami papunta sa kung saan.

"Ililibre mo ko??" nakangising tanong ko.

"Mmm.. Kumita ako e.."

"Talaga??"

"Mmm.."

"Akala ko scholarship lang yan??"

"Hindi.. May kasamang price.. Pero hinati namin sa aming lahat hehehehe.. Lamang nga lang yung samin nila Randall at Sam.."

"Hindi na, ako na lang manlilibre sayo---"

"Wag na.. Nag-*'effort'* ka di ba??" sarkastikong tanong nya pa at nginiwian ko na lang sya. "Don tayo.." sabi nya pa na tumuro sa Hotel Diner. **"Naglunch ka na ba?"** tanong pa nya. Tumingin pa sya sa relos nya. **"12:50 na.. Baka gutom ka na.."**

"Medyo.." sagot ko.

"San mo gusto??" nakangiting tanong nya pa.

"Don sa gusto mo.." nakangising sagot ko sa kanya.

Dinala nya ako sa loob ng Resto at agad naman kaming nilapitan ng waiter para abutan ng menu. Set ang in-order nya!

"A-Ang dami naman?!" gulat na tanong ko.

"Medyo gutom ka kamo e.."

"Tch! Pero hindi ko kayang ubusin yun! Pang sampung tao na yata yun ah!?"

"Hehehehe.. Syempre, tatawagin rin natin sila.. Wag kang mag-alala.. more on desserts yon, yung main dish ay para sayo lang dahil kumain na kami bago ka dumating.."

"G-Ganon ba??" tanong ko pa at saka bumuntong-hininga. Iginala ko ang paningin ko sa kabuuan ng Resto. **"Tch.. Sino bang sponsor ng Sportsfest na yan at inilagay pa kayo dito sa Hotel??"** natatawang tanong ko.

Masyado kasing OA para sakin.. Kahit pa sabihing kilalang school ang BIS at SIS, mayayaman man ang students sa mga 'to ay hindi naman kailangang sa Hotel pa sila tumuloy.

"Ewan ko.." naisagot lang nya. **"Dito rin kasi ang venue.. May malaking Hall sila dito at doon inilagay lahat ng tables.."**

"I see.. O sya, dito ka na sa tabi ko.." sabi ko na pinagpag pa ang katabing side ng couch na inuupuan ko.

"Dito ka sabi.." ulit ko pa.

"D-Dito na lang ako.."

"Tch! Pano kung tabihan ka ni Randall dyan ka---"

"Eto na nga e.." napipilitan pa kunwaring sabi nya at saka pumunta sa tabi ko.

Pagkaupo'ng pagkaupo nya ay inihiga ko ang ulo ko sa balikat nya.

"Napagod ako, Taguro.." bulong ko.

"Mmm? San??"

"Ang layo ng nidrive ko.."

"Tss.. Wala naman kasi akong sinabing pumunta ka dito---ayan tuloy.."

"Gusto nga kasi kitang makita!" sigaw ko pa na inangat ang ulo ko't ngumuso sa kanya! **"Wala ka talagang sweetness sa katawan e no!?"**

"Mas sweet yung pagdating ko, hinihintay mo ko.." nakangiwing sabi nya.

"Baliktad yang utak mo!" singhal ko sa kanya.

Maya maya pa ay agad namang dumating yung mga in-order namin at tama nga sya, karamihan sa mga iyon ay desserts, pero marami pa ring main dishes na mabilis makabusog.

Nilingon ko pa sya nung nagsimula syang magpipipindot sa cellphone nya.

"Kumain ka na.." sabi nya pa at saka inilagay sa tenga nya yung cellphone.

Kumuha naman ako ng isang hiwang apple sa fruit salad at saka nakangiting isinubo sa kanya.

Ang sweet ko.. tsk tsk..

"Hello, Coach?? Nandito kami ni Enrile sa Resto, baba na kayo dito.. Um-order nako.. Trip lang, Coach.. Sige.. Hihintayin namin kayo.." sabi pa nya at saka ibinaba yun.

"Hindi mo man lang ba ako tatanongin kung pano akong nakapunta dito?!" nakangising tanong ko.

"Sinuong mo kamo yung bagyo.. nagkotse ka.." pilosopo'ng sagot nya at saka kinuha ang leche flan.

Inis akong tinignan sya at natatawang nilingon nya naman ako!

Humiwa sya sa leche flan nya at saka..

"Aaahhh.." isinubo nya sakin. Masama pa rin ang tingin ko sa kanya habang ngumunguya! **"Tss.. wag mo nga akong tignan ng ganyan haha! Hindi ko na kelangang magtanong dahil yung promotor kung bakit ako nandito ay katukayo mo! Malamang! Si Coach! Tss.. Sino pa ba?!"**

"A-Alam mo?!" gulat na tanong ko!

"Na nagtanong ka kay Coach?? Hinde.. Pero yun ang hula ko.." mayabang na sagot nya.

"Tch! Oo, tinanong ko sya hehehehe.. Ayaw kasing sabihin ni Lolo e.."

"Alam ba nilang nandito ka??"

"Andami naman nyan??" biglang sulpot ni Coach.

Hindi ko anagawang sagutin ang tanong ni Taguro dahil naagaw ni Coach ang atensyon namin.

"Kain.. kain.." yaya pa ni Taguro at isa-isang nagsipag-upuan sa harap namin sila Sam, Miss Reycie, Coach at..

Pesteng Randall..

"Nasan na yung iba, Coach??" tanong pa ni Taguro sa kanya.

"Nako, natutulog sa taas.." sabi pa ni Coach. **"Pinagmeryenda ko rin naman ang mga yun.."** sabi pa ni Coach at saka kami kumain ng sabay sabay.

MAX'S POV

Medyo awkward ang paligid..

Nagkataon kasing nagkatabi si Randall at si Sensui.

Bahagya pang tumagilid si Sensui papunta sa side ko at kung anu-anong isinusubo sakin..

"Buti naman at nahanap mo 'to, Enrile??" tanong ni Coach kay Sensui.

"Oo naman, Coach.." sagot naman ni Sensui.

"Mmm.. Maalam ka rin pala dito sa Maynila.."

"Hindi, Coach.. Ang totoo, ilang tao rin ang pinagtanungan ko, hahahahaha!"

"Hahahahaha! Kaya nga nagdadalawang-isip rin akong sabihin sayo kung saan ito dahil baka mapano ka sa pagpunta mo dito.."

Pero binigay pa rin ng loko.. Pag nagkatao'ng may nangyari sa isang 'to.. tsk tsk.. Sya ang gagawin kong tako..

"Sarap nito ah.. Libre mo??" baling ni Sam kay Sensui.

"Hindi, hehehehehe.. Libre nung isa dyan.." pagpaparinig naman sakin ni Sensui.

"Naks, Maxpein! Pasikat ka ah!?" si Sam.

Anong pasikat dyan?! Tsk tsk..

"Nagugutom sya e.." kunwaring sagot ko.

"Grabe ka pala maghanda kapag nagutom ang boyfriend mo, hahahahaha! Pero ayos yan.." sabi pa ni Sam pero hindi na ako sumagot. Nagkatinginan pa kami ni Sensui at kinindatan nya naman ako.

Halos kalahating oras pa kami doon bago kami muling bumalik sa Hotel Room.

Nandoon rin si Coach sa kwarto namin, nanonood sila ng Cable TV. Lahat sila ay nasa living area habang ako ay naninigarilyo sa veranda.

~KNOCK! KNOCK!~

Napasilip pa ako sa pinto nung may kumatok doon..

Tumayo naman si Coach para buksan yon..

"Oh, Castro??" salubong ni Coach.

"Coach, si Ejing.." sabi pa nung personnel na kasama namin at saka iniabot ang cellphone kay Coach.

"Hello?? Oh Ejing?? Ha?!" tumaas ang tono ni Coach kaya naman nilingon namin syang lahat.

Tumingin sya sa gawi kaya naman natigilan ako sa paghithit ko at napaayos ng tayo habang nakatingin sa kanya! Bahagya pa akong lumapit sa may pinto papasok mula sa veranda para mas marinig ko ang sasabihin nya.

"M-Medyo lumalakas na nga.." sabi pa ni Coach. Tinitigan ko syang maige at don ko napansing sa langit sya nakangitin.

Kaya naman muli akong lumapit sa pasimano at tumingala sa langit.

Kitang kita ko pa ang dahan dahang pagdidilim ng langit at ang sunod sunod na kidlat sa malayo.

"Tigilan mo na nga yan! Nakakaturn-off ka!"

Napalingon ako sa likod ko munit huli na para makaharap ako dahil sinakop na ni Sensui ang pasimanong nasa dalawang gilid ko! Nasa likuran ko sya at itinuon nya ang dalawang kamay nya sa pasimano kung saan nasa gitna ako.

"Mukhang malakas ang bagyo.." sabi pa nya.

"Mmm.. buti na lang hindi tumodo ang bagyo nung papunta ka dito.." sagot ko.

"Pano kung may nangyari sakin??" tanong nya at natigilan naman ako. Humihit pa ako ng isa at saka itinapon ang baga ng yosi ko.

Bahagyang nagulat pa ako nung maramdaman kong ipatong nya ang mukha nya sa balikat ko..

"Pano kung papunta dito ay naaksidente ako??" malumanay pang bulong nya. **"Anong gagawin mo??"**

"Tss.. Ewan ko.."

"Bakit hindi mo alam?" malumanay pa ring tanong nya at napabuntong-hininga naman ako.

"E kasi.. hindi ko naman rin alam na pupunta ka dito.. Syempre, ang alam ko ay nasa school ka at nagkaklase.. Bakit ka nga pala um-absent sa klase mo?"

"Tch! Baka suspended ang klase?! Walang pasok hanggang bukas.. Kaya nga nung malaman kong suspended.. dumeretso agad ako dito, hehehehe!"

Siraulo'ng 'to! Tsk! Tutuktukan ko kaya 'to!?

"Hindi ka nagpaalam sa inyo!?" tanong ko pa at ngumisi lang sya!

"Del Valle.." si Coach!

Sabay naman kaming napalingon ni Sensui sa kanya.

"Coach.." sabi ko pa.

"Hindi na daw tayo masusundo ni Ejing.."

"Bakit daw ho?"

"Masyado na daw malakas ang ulan sa Laguna.. Malakas ang bagyo kaya naman takot rin syang bumyahe dahil masyado daw madulas ang daan.. K-Kailangan nating magstay dito.."

Gulat akong napatingin kay Coach!

"H-Ho?!" tanong ko at tumango sya sabay napabuntong-hininga!

"Kinakailangan nating magcheck-in ulit.. Hanggang 2:00 pm lang tayo.." dagdag nya at napabuntong-hininga naman ako.

At biglang napalingon kay Sensui!

"P-Pano ka?!" tanong ko at tumingin naman sakin si Sensui! Halatang hulat rin sya! **"Hindi ka nagpaalam di ba?!"**

"Ano?!" si Coach! **"Hindi ka nagpaalam, Enrile?!"**

"H-Hindi po, Coach.." sagot ni Sensui.

"Bakit?!" tanong pa ni Coach. **"Pano kung hanapin ka sa inyo!?"**

"T-Tatawagan ko na lang ang parents ko, Coach.. M-Maiintindihan naman nila dahil kilala naman nila si Taguro sa bahay.."

"Tsk tsk.. Loko kang bata ka! Sige! Tawagan mo! Sabihin mo na ring kasama mo ako!"

Napatingin ako kay Coach at bakas sa mukha nyang namumroblema sya!

"Coach.. wala namang pasok bukas e, okay lang na magstay tayo dito.." sabi pa ni Sensui.

"Oo nga, pero ang problema ay wala sa budget namin ang panibagong stay dito.. Masyadong mahal ang Hotel na 'to, lalo pa't nasa Executive Room tayo.." paliwanag ni Coach. **"Iba pa yung Room namin.. Nasa common lang naman kami.."**

"Ganon ba, Coach?? E k-kung okay lang sa inyo.. Gamitin na lang natin ang kotse ko.. kasya naman siguro tayo don..??"

"H-Hindi tayo kakasya sa kotse mo, Enrile.. Bukod kasi sa aming lima'ng nandito ay may tatlo pa kaming kasama'ng personnel.. A-Akala kasi namin ay kakailanganin namin ng maraming tao'ng makakasama.."

"G-Ganon ba?? Tsk.. Hindi nga tayo kasya.. Pwede rin, dalawang balik---"

"Hindi pwede.." singit ko. **"Masyadong delikado.."**

"Coach.." biglang singit ni Randall.

"Oh, Echavez??" baling ni Coach sa kanya.

"Ako na lang ang magbabayad.."

"Ako na lang po ang magbabayad ng panibagong stay natin.."

"B-Bakit ikaw??"

"Okay lang naman po sakin, Coach.. Hehehe.."

"A-Aba e, nakakahiya naman!?" si Coach.

"Ayos lang po yun.. sinamahan nyo naman kami, and besides, kami naman ang nakakuha ng benefits sa pagpunta dito.." sagot ni Randall.

"Pero, Echavez---"

"Okay lang, Coach.. Magkano lang naman yun.." sabi pa ni Randall at saka nakangiting tinapik ang balikat nya. **"Dyan na muna kayo, bababa lang ako sa lobby.."** sabi pa nito at saka naglakad papalayo.

Pinanood pa namin syang makalabas ng room namin at saka kami gulat na nagkatinginan ni Coach.

"Iba na talaga bigtime eh noh??" sabi pa ni Coach munit bakas pa rin ang pag-aalala sa mukha nya.

"Hanggang kelan daw ba ang bagyo, Coach??"

"Hanggang bukas nga daw e.. Sabi pa ni Ejing ay bukas pa ng tanghali nya tayo masusundo.." iiling-iling pang sabi ni Coach at saka nagpamewang! **"Teka na muna, susundan ko muna si Echavez doon, nakakahiya naman sa isang yon.."**

"S-Sige, Coach.."

Naiwan na naman kami ni Sensui sa veranda kaya naman napapabuntong-hiningang napatingin ako sa kanya..

Munit gulat akong napaatras pa nung makita kong nakangisi sya!

"A-Ano yan?!" tanong ko na nakaturo sa mukha nya!

"Hehhe!"

"A-Anong i-iniisip mo!?"

"Tsk tsk tsk.. Hahaaha! Taguro.. Taguro.. Taguro.. Tadhana na ang nagtatakdang magkasama tayo.."

"Tss.."

"Oh?! Bakit?? Hahaha! Sa tingin mo ay hindi nakatadhanang ganyan ang mangyari?? Makakasama kitang matulog ngayon!"

"Dito ka sa veranda matulog.."

"A-Ano?!"

"Dito ka sa veranda matulog---"

"Bakit ako dito---kung pwede naman ako don sa tabi mo!"

"Nababaliw ka na ba?!" inis na tanong ko at ngumuso naman agad sya!

"Bakit?! Ha?! Anong akala mo sakin?! Kasing manyak nung ex mo!? Tch!"

Hindi ako nakasagot pero nanatili akong masama ang tingin sa kanya at sya nama'y nakanguso sakin!

"Tss! Tawagan mo na ang Mommy mo! Sana pagalitan ka ng todo!"

"Tsk.. Oo nga pala.." sabi nya pa at saka inilabas ang cellphone nya at mabilis na nagdial..

Napangiti naman ako sa iniasta nya..

Mommy's Boy.. Hehehehe..

Kung ako kasi ang nasa lagay nya, hindi ko sasabihin kung nasaan ako..

Nasanay kasi akong hindi iniisip kung sinong mag-aalala sakin..

"M-Mommy??" si Sensui. Nakinig naman ako sa kanya. **"Mommeeeeeeeyyy!!!"**

Bigla syang sumigaw!

"W-Woi.." sabi ko pa na tinulak sya at sinenyasan naman nya akong *'shhh!'*.

"M-Mommy.. M-May kasalanan ako.. K-Kasama ko si Taguro.." dahan dahang sagot nya habang nakatingin sa mga mata ko. **"S-Sa Manila, Mom---"** nailayo nya ang cellphone sa tenga nya! **"No, Mom.. Mom.. I'm okay.. I arrived safe here.. Gusto kong makita si Taguro kaya ako**

nandito.. k-kaso pagdating ko naman dito.. H-Hindi pala pwede yung school bus namin na service sana nila pabalik.. K-Kaya ayon.. h-hindi kami makakabalik dyan ngayon.. Masyadong madulas daw ang kalsada.."

Gulat akong napaatras nung bigla nyang hawakan ang pisngi ko at ngumiti habang nakatitig sakin!

"Mom.. Look.." huminahon na sya sa pananalita nya munit nananatili syang nakatingin sakin. **"I'm safe here, kasama naman namin si Coach at Miss Reycie, secretary ni Lolo. And besides, Randall's also here.. may mga kasama kami dito.. pero tabi kaming matutulog ni Taguro, hehehehe!"**

"Siraulo.." napakahinang bulong ko.

"Kausapin mo si Taguro Mom?? Here.." sabay abot sakin ng telepono!

"T-Tita??" naisagot ko agad.

"Hi Maxii!" animong kinikilig pang sigaw nya! **"Tinutupad mo ang sinabi mo sakin ah?? Hihihihi! Yiiieeee!"**

"A-Ahh.. H-Hehehehe.."

"Okay lang ba sayong makasama si Deib dyan??"

"A-Ahh.. A-Ayos lang naman ho.. B-Bigla ho kasing bumagyo--hindi makabyahe p-pabalik dito yung driver nung school bus namin kaya hindi kami masundo.. M-Masyado rin ho kasi kaming marami---"

"Nakoooo! Ayos lang yon, ano ka ba! Hihihihi!"

"Basta, Maxi.. ikaw na munang bahala sa baby ko ah?? Aasahan kita, hihihihihi.. Alagaan nyo muna ang isa't isa dyan.."

"Y-Yes, Tita.."

"O sige na, baka naaabala ko na kayo.. yiiiieee! Hihihihihihi! Call me from time to time, okay?? Sabihin mo kay Deib, ako na ang bahalang magpaliwanag sa Daddy nya, hihihihihihi! Ingat! See you tomorrow, muaaah!!!" sabi nya pa at saka ibinaba ang linya..

WTF??

"Anong sabi ng Mommy natin??" si Sensui.

"Tss.."

"Ano nga?!"

"A-Alagaan daw n-natin ang i-isa't-isa.." utal na sagot ko.

"Oh?? Naintindihan mo naman ba yon?? Alagaan mo daw ako.. Ibig sabihin.." huminto sya at saka lumapit sakin. **"Wag mo kong pababayaan.. wag mo kong iiwan.. wag mo kong sasaktan---"**

"Manahimik ka nga!" suway ko sa kanya at tumawa naman sya.

"Saan ba ang kama natin??"

"A-Abnoy ka ba?!" inis na tanong ko!

"Hahahahahahaha! Oh?! Bakit?!"

"Dyan!" turo ko sa sofa sa loob ng room! **"Dengue-hin ka sana sa pagtulog mo dyan!"** sigaw ko sa kanya at saka pumasok sa living area!

Tatawa tawa naman syang sumunod sakin!

~KLAK!~

Muling bumukas ang pinto bago pa man kami makaupo.

"Everything's settled.." sabi pa ni Randall at saka naupo sa harap ko.

"Wow! Thank youuuu, Kuya Randall!!! Hehehehehehe!!!" si Sam.

"Nakakahiya naman sayo, pero salamat talaga.." si Miss Reycie.

"T-Thanks.." nasabi ko na lang at tipid na ngiti lang ang iginanti nya sakin.

"Ahh.. Enrile, don ka na lang muna matulog sa tabi ni Enchave---"

"Ayoko nga!"

Lahat kami ay gulat na napalingon kay Deib na ngumuso pa!

"Ayoko! Ayokong kasama yan!" sigaw pa ni Sensui kay Randall!

Natawa naman si Randall sa kanya at saka tumayo.

"San ka matutulog kung ganon?!" tanong ni Randall kay Sensui!

"Sa tabi ni Taguro!!"

"A-Ano?!" si Randall!

"Oo! Sa tabi ni Taguro! May problema ka don!?"

"Hindi pwede!!"

"Tch! Sino ka para sabihing hindi pwede?! At saka.. Kasama nya naman sila Miss Reycie at Sam don di ba?!"

"Kwarto ng babae yon!"

"Tch! Alam mo naman pala e, bakit pinasok mo pa?!" galit na tanong na naman ni Sensui kaya tumayo ako at muling pumagitna sa kanila.

"S-Sige na, sige na.. D-Doon ka na lang sa tabi ni Del Valle.." si Coach.

"C-Coach.." naiusal ko.

"Hindi natin pwedeng pagsamahin ang dalawang yan sa kwarto dahil baka mag-Royal Rumble yang mga yan doon!" nakangiwi pang sabi ni Coach. **"At saka isa pa.. kasama nyo naman sila Sam at Reycie.."**

Tsk!

Napapailing namang nilingon ko si Sensui!

Hindi nya ako tinignan at nanatiling nakikipagtitigan sya kay Randall ng masama!

"Isang dikit mo pa kay Maxpein, hindi lang yan ang aabutin mo!" sigaw pa ni Sensui!

"T-Tama na sabi e.." inis na sabi ko na nilingon pa silang dalawa!

Hinawakan ko ang kamay ni Sensui at muli syang hinila papalabas sa veranda!

"A-Ano ka ba?? M-May ibang tao don.. wag ka namang ganyan.." pakiusap ko pa sa kanya.

"Nababadtrip ako kapag nakikita ko ang mukha nyan!" sigaw nya pa na dinig na dinig ni Randall!

Nilingon ko naman si Randall at nakatingin pa rin sya samin!

Nakakahabag ang ekspresyon ng mukha nya!

Manapa'y lumapit sya sa amin..

"P-Pein.." si Randall.

"Dyan ka lang!" pigil ni Sensui sa kanya na tinuro pa ang kinatatayuan nya munit ibinaba ko ang braso ni Sensui.

"Look.. H-Hindi ko sinasadyang gawin yon.." dagdag ni Randall na nasa akin ang paningin. **"Okay.. I-I'm sorry.. I'm really sorry.."**

"Umalis ka na dito.." sabi pa ni Sensui.

"I'm saying sorry to her, okay?!" sarkastikong tugon ni Randall kay Sensui. **"Pein, I'm really sorry.."**

"Oo na.." sagot ko.

"I'm very sorry.."

"Tch! Paulit-ulit ka na lang e! Wag kang pa-cute!"

"Can you just shut up!?"

"Can you just get lost!?"

"Sinabi ng tama na e! Ako bubugbog sa inyong dalawa!" sigaw ko at pareho silang napayuko! Inis akong nilingon si Randall! **"Lumayo ka na sakin---ako na ang nakikiusap sayo.. Respeto na lang sa girlfriend mo.."** mahinang pakiuap ko at napatungo naman sya lalo.

"I'm really sorry.. I'm very sorry.."

"Magbati na kayo.." utos ko.

"A-Ano!?" si Sensui.

"Magbati na kayo----"

"Ayoko nga!"

"Deib??"

"Ayoko! Ayoko! Sapakin mo na lang ako!"

"Tss.."

"H-Hayaan mo na sya, Pein.. It's fine with me.. I deserve this.." sabi pa ni Randall at saka umalis.

Pinanood ko naman muna sya makalayo bago ako muling bumaling kay Sensui! Sinamaan ko sya ng tingin!

"Kung pagbabatiin mo kami---uuwi na lang ako!" inis na sigaw nya at saka tumalikod sakin.

Natawa na naman ako sa iniasta nya..

Kahit na anong galit ang ipakita nya..

Mukha syang bata..

Maliban don sa ginawa nyang pagsuntok kay Randall kanina.

Mukhang malakas syang manuntok.. Putok ang labi nung isa e.. Hahahaha!

Bahagya akong lumapit kay Sensui at saka tumabi sa kanya.

"Hindi na.. Wag ka ng ngumuso dyan.." pigil ang tawang sabi ko pa at nilingon nya naman ako!

"Tch.."

"Wag ka ng mag-galit galitan.."

"Bahala ka sa buhay mo.."

Nilingon ko sya at masyado syang seryoso!

"W-Woi.." kunwaring tawag ko pa na napahawak pa sa braso nya.

"A-Ano ba!" sabi nya pa na inagaw ang braso nya!!

"Galit ka na naman?!"

"Hindi.. Kung dito ka matutulog sa dibdib ko.. hindi.. hinding hindi ako magagalit.."

Gulat akong napatingin sa kanya at ngumisi sya..

King inang kakornihan yan..

OceanofPDF.com

CHAPTER 149

DEIB'S POV

"Hindi.. Kung dito ka matutulog sa dibdib ko.. hindi.. hinding hindi ako magagalit.." seryoso kunwaring tugon ko kay Taguro at kitang kita ko ang panlalaki ng mga mata nya!

Hahahaha! Sana pumayag!

Napabuntong-hininga na lang ako upang maitago ang tawa ko.

Ngayon ko lang sya makakatabi matulog.. hehehehe!

~RIIIIIINNNNGGG!!!~

Gulat pa akong napatingin sa bulsa ko nung biglang mag-ring yun.

Kinuha ko ang cellphone ko sa bulsa at saka binasa ang pangalan ng tumatawag.

~Noona Calling. . . ~

"H-Hello??" sagot ko.

"Nasaan ka?!"

Eto na..

"K-Kasama ko si Taguro, nandito sa Manila---"

"Nagdrive ka dyan mag-isa?!"

"Oo.." nakangusong sagot ko.

"You're crazy!!!" bakas ang galit sa tono'ng sigaw nya! **"Matapos nung ginawa mo kay Maxpein tapos ngayon kesehodang delikado---susundan mo sya?! Siraulo ka ba?!"**

Oo! Pero mas siraulo ang boyfriend mo..

"A-Alam na ni Mommy na nandito ako.." sagot ko.

"Oo nga! Sya nga ang nagsabi samin ngayon e!"

"Tch! Yun naman pala e! Bakit nagagalit ka pa dyan!?"

"Dahil ang tanga tanga mo! Pupunta punta ka dyan pano kung naligaw ka?! Psh! Ewan ko sayo!"

"A-Ako pa ang ewan!? Kung kailan nakarating nako dito!? Tch! Wag ka ngang papansin dyan, Noona!" inis na sigaw ko sa kanya.

"Oh edi si Randall ay stranded rin dyan!?"

"Oo!"

"Oh my God.."

"Kailan daw kayo uuwi!?"

"Bukas!"

"Tsk tsk.. Isabay mo na si Randall sa kotse mo bukas para may kasama ka pauwi----"

"Ayoko nga!"

"Deib!"

"Kaya kong magdrive mag-isa! Tch! Sige na! Nag-uusap kami ni Taguro---sagabal ka!"

"W-What!?"

"I'll see you tomorrow, Noona! Bye!" sabi ko pa at saka ibinaba ang linya.

Nilingon ko si Taguro pero nakatingin na sya sakin.

Nginitian ko sya hanggang sa maningkit ang mga mata ko..

"Anong gusto mong gawin?" tanong nya at mas napangiti naman ako.

"Mmm.. bukod sa yakapin mo ko magdamag. Wala na!!! Haha!" at saka ako tumawa ng napakalakas!

"Tss.. Kahit kelan ka.." natatawang sabi pa nya at saka tumingin sa baba. **"Masyadong malakas ang ulan kaya hindi rin tayo makakagala.. Wala rin namang spot dito sa Hotel na pwede'ng tambayan.. Don na lang tayo sa loob, manood tayo ng Cable, kasama nila Sam at Miss Reycie.."**

"Tabi tayo ah??" nakangising sabi ko pa.

"Basta ikaw.."

"Hehehehe.."

At ganon nga ang ginawa namin.

Pumasok kami mula sa veranda at nakiupo sa sofa. Pareho'ng nasa single sofa sina Miss Reycia at Sam kaya naman sa mahabang sofa kami pepwesto. Hindi namin alam kung anong pinapanood nila Sam pero mukhang interesting namin. Mukhang suspense kasi may habulan! Hehehehehe!

Naupo ako at saka ko hinila paupo sa tabi ko si Taguro.

Hindi nya naman ako nilingon at nanatiling nakatutok sa TV ang paningin nya.

"Anong movie yan?" tanong pa ni Taguro kay Sam.

"The Cell.." sagot naman ni Sam.

Tumingin ako sa TV pero hindi pa muna ako nakafocus, nilingon ko si Taguro na kasalukuyan ng tutok sa TV at akala mo lalaki kung maupo!

Nakabukaka at nakapatong pa sa magkabilang tuhod nya ang kanang siko nya at ang kaliwa ay nakapangalumbaba!

Dahan dahan akong sumandal at saka in-stretch ang kamay ko sa likod ni Taguro..

Sumandal ka!!

Pero bigo ako..

Nanatili sya sa posisyon nya at talagang tutok ang paningin sa TV!

Kaya naman..

KINALABIT KO SYA..

Dahan dahan syang lumingon sakin at bakas sa mukha nya ang pagtataka..

Inginuso ko naman sa kanya ang braso ko at nilingon nya naman yun!

Pero.. parang mas lalo syang nagtaka!!!!!

Slow! Amp!

"Sumandal ka.." mahinang bulong ko at napabuntong-hininga'ng sumunod!

Umayos pa ako sa pagkakaupo ko at saka nanood..

Pero maya maya lang ay napansin ko na naman ang mga hita nya!

Inis akong nilingon sya at dinangga pa ng hita ko ang hita nya!

"I-Itikom mo nga yang hita mo---para kang lalake.." sabi ko pa at napanguso naman sya'ng nagpandikwatro ng pambabae! **"Baka sa harap ng iba, ganyan ka rin maupo?? Babatukan kita.."**

"Wag kang maingay.." bulong nya pa at saka muling tumutok sa palabas.

Ilang minuto pa lang tumatakbo ang movie at nabobored na ako..

Kaya naman tumingin na lang ako kay Taguro na tutok na tutok naman sa palabas..

"Ang ganda mo.." nakangiting bulong ko.

"Gwapo ka e.." walang emosyong sagot nya.

"Tch! Anong konek!?"

"Bagay tayo.."

Nilingon nya ako at mukhang natawa sya sa itsura kong ngiting ngiti..

"Lumilitaw ang mga puso, Taguro.. Hehehe.."

"Anong lumilitaw??" inosenteng tanong nya.

"Lumitaw.. Sa paningin ko, hahahahaha!"

"King inang yan.."

"W-Wag mo nga kong murahin!" mahinang sigaw ko. Pero nilingon pa rin kami nila Miss Reycie at Sam at saka bahagya'ng natawa samin.

"Hindi mura yun.."

"Tch! Kababae'ng tao.. Tsk tsk.."

"Ang korni mo kase.. Kung anu-anong sinasabi mo.." natatawa pang bulong nya! **"Puso?? Lumilitaw sa paningin mo?! Tssaaa! Hahahaha! Anong klaseng droga yan?? Hanep sa epekto.. Tsk tsk.."**

"Ikaw.. Ikaw lang ang drugs ko.. Kaya imbes murahin mo ko, lambingin mo na lang ako.. Dali.."

"Di na uy.."

"Bilis!"

"Ano ka sinuswerte?!"

"Tch! Ako pa sinuswerte!? Baka ikaw?! Sa gwapo ko'ng 'to kulang ang salitang swerte sayo! Ultimong Lotto walang panama sa itsura ko.. Tch! Idagdag mo pa yung effort.. sweetness.. hotness.. Tsk tsk tsk.."

"Bigyan mo muna ako ng isang magandang dahilan kung bakit kita lalambingin.." walang reaksyong tugon nya!

"B-Bakit?!" inis na tanong ko! **"B-Boyfriend mo ko kaya dapat lang na lambingin mo ko!"**

"Tss.. yun nga lang ngitian kita---andami dami mo ng nakikita, ano na lang kapag nilambing pa kita?? Baka maulul ka na.. Hahaha.."

"A-Ang yabang yabang mo, Maxpein.." nakanguso munit nakangisi'ng bulong ko rin.

"Yun lang naman ang talent ko e.. Hehehehe.." natatawang bulong nya at saka nilingon ako kaya mas tinitigan ko sya. **"Tsk.."** pinalo nya ako sa kamay ng mahina. **"Manood ka na lang.."**

"Ayoko.."

"Edi hayaan mong ako ang manood.. Wag kang magulo.."

"Mas gusto kong panoorin lahat ng reaksyon sa mukha mo.." nangingiti pang bulong ko at ngumiti naman sya.

Kinuha ko ang kamay nya at saka isiniksik ang mga daliri ko sa daliri nya..

"Ang laki ng kamay mo!" mahinang sigaw ko! **"At ang t-tigas pa!"**

"Tss.. Ilang beses mo ng hinawak-hawakan yan--ngayon mo lang napansin?! Wag ka ngang maingay.."

"Oo nga pero.. n-ngayon ko lang napansin ng todo.."

"Ihihinto ko na ba ang panonood ko?!" inis na tanong nya at ngumisi naman ako.

"Oo.. tapos magfocus ka na lang sakin.." nakangising sagot ko at ngumiwi naman sya.

"Tss.."

Gulat pa akong napatingin sa kanya nung bigla syang tumayo..

"Tara!"

"S-San tayo pupunta??" gulat na tanong ko pa.

Hinila nya ang kamay ko kaya naman napilitan akong tumayo.

Pumasok kami sa kwarto at biglang bumilis ang tibok ng puso ko!

TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!

"A-Anong gagawin natin dito, T-Taguro??" kabadong tanong ko.

"Maupo ka.." pormal pang tugon nya at nilingon ko naman ang kamang nasa gitna at saka muling tumingin sa kanya. **"Yung nasa dulo ang kama ko.."** dagdag pa nya kaya naman naglakad pa ako at saka naupo don.

"A-Anong gagawin natin dito??" kabado pa ring tanong ko. Pero hindi nya na ako sinagot!

Tinignan ko sya at pinanood ang ginagawa nya..

Binuksan nya ang isang itim na maleta na nasa sahig at saka naghalungkat ng kung anu-ano doon.

Maya maya pa ay tumayo sya saka muling lumapit sakin.

"A-Ano yan??" tanong ko pa.

"Kasya naman siguro sayo 'to??" tanong nya pa na animong sinusukat sa ere kung kasya sakin yung t-shirt na hawak nya.

"P-Para ba saan yan??"

"Magpalit ka.."

"Bakit?!"

"Tss.. Bakit ba nagpapalit ng damit ang tao?!" sarkastikong tanong nya. "**O kaya, maligo ka na lang, baka naambunan ka e.."**

"A-Ang lamig e.."

"Mas masarap maligo kapag malamig.." walang reaksyong sagot nya.

Wirdo talaga..

"Teka. hahanapan kita ng short---"

"M-May dala ako.." sabi ko pa at saka nakangusong tumayo at kinuha yung bag kong basta ko inilapag sa maliit na upuang nandoon rin sa kwarto'ng yun. **"S-Sayo na rin yang t-shirt mo dahil may dala rin ako.. Tch! Magpapahiram ka lang---pink pa!"** singhal ko!

"Hehehehe.." ngingisi ngisi pang tawa nya at sininghalan ko lang sya ng tingin.

Maya maya pa ay kinuha ko na ang mga gamit ko at pumasok sa CR.

Ano naman kaya'ng gagawin namin?!

Napapaisip akong pumasok sa shower room na nasa loob rin ng comfort room na yun.

"Buti na lang may heater.. hehehe.."

Ilang minuto rin akong nagtagal sa banyo at nakangiting naliligo.

Nung matapos kong magbihis ay agad akong lumabas ng banyo'ng yun at saka doon nagpunas ng buhok gamit ang towel na nakuha ko lang sa banyo.

Napanguso pa ako nung makita kong nakahiga ang kalahati ng katawan ni Taguro sa kama at ang kalahati ay nakatungtong sa sahig at nakapandikwatrong pambabae. Ang dalawang kamay nya ay ginawa nyang unan ng ulo nya. Nasa bandang gilid sya ng kama.

Napapangiting nilapitan ko sya at saka ako dahan dahang naupo sa carpet na nasa mismong tabi nya.

Hindi ko maiwasang mapangiti ng sobra habang tinititigan sya!

Dahan dahan kong inilapit ang mukha ko sa mukha nya.

Kahit sa pagtulog.. astigin pa rin.. Tsk tsk tsk..

Tinignan ko sya simula sa siko nya na malapit na sa mukha ko..

Hanggang noo nya..

Pababa sa mga mata..

Mga mata'ng ang hirap labanan pero masarap titigan.. Hahahahahahahaha! Kay Taguro mo lang makikita yan, Deib.. Kay Taguro'ng girlfriend mo at mahal ka.. Hehehehe! Napakaswerte ko...

Matapos nun ay tinignan ko ang ilong nya..

Gusto kong pingutin ang ilong mo pero natatakot akong baka masapak mo ko!

Nangiti pa ako sa sarili kong isipin..

At saka ako dahan dahang huminto sa mga labi nya..

Napakagat ako sa labi ko habang pigil na pigil ko ang mga tuwa'ng nararamdaman ko..

Hindi ko makalimutan yung halik mo sa ulanan hahahaha.. Ibang iba yung diin e! Uhmp!

"Wag mo kong titigan.."

"P-Pati ba naman yan n-nararamdaman mo rin?!" inis na tanong ko!

Mabilis syang bumangon at tinignan ang kabuuan ko!

"Ang gwapo mo ah..??" nakangiti pang sabi nya at ngumisi naman ako.

"Talaga??"

"Mmm.."

"Kung gwapo ako... *'kiss'* mo nga ako??" pang-uuto ko sa kanya at saka ako ngumuso.

"Kutos---gusto mo!?" madiing tanong nya!

Badtrip!

"Hintayin mo ko dyan.." utos nya at saka mabilis na pumasok sa banyo.

Iginala ko naman ang mata ko sa kabuuan ng kwarto'ng yun..

Malaki ang kwarto nila at may tatlong kama..

Yung kay Taguro ang pinakamalaki..

Ano kayang posisyon namin mamaya kapag natulog?

Muli akong napangiti sa nabuo'ng tanong sa isip ko..

Hmmmm.. paganito?

Pahalang ko pang tinignan ang kama..

Oh... paganito??

Tumagilid ako at muling tumingin sa kabilang pahalang..

Bwahahaha!!! Maaga ko syang yayayain matulog para mga bandang alas-sais pa lang yakap yakap ko na sya!

Mayakap lang kita Taguro... kalmado'ng kalmado ang pagkatao ko..

Naupo ako sa kama at saka ako lumapit sa unan..

Ito ang unan na hinihigaan nya hahaha!!!! Tsk tsk tsk!

~KNOCK! KNOCK!~

Nailapag ko ang unan at saka ako napatingin sa pinto.

Kusa namang bumukas yun..

Si Sam..

Napatayo ako at saka nahihiyang tumingin sa kanya.

"A-Ahh.. Sige lalabas na muna ako..." sabi ko pa.

"Ahh hindi na hehehehe.. Dyan ka na lang.." sabi pa nya at saka nagtuloy sa pagpasok.

Nakangiti syang tumingin sakin nung mag-indian sit sya sa isang kama sa dulo.

"Gano na kayo katagal ni Maxpein??" nakangiting tanong nya. Napapaisip naman akong napatingin sa kanya.

"H-Hindi ako sigurado e.. 2 w-weeks palang siguro.." napapakamot sa ulo'ng sagot ko.

"Anggwapo mo---anong nagustohan mo sa kanya?!"

Napakaprangka naman ng isang 'to!

"A-Ahh hehehehe.. A-Ang totoo, h-hindi ko rin alam.." utal na sagot ko.

"Mmm.. Ganyan rin sagot ni Randall sakin noon e.. Hehehe.." sabi pa nya at saka tumawa ng mahina. Hindi ko naman sya pinansin at inayos ko na lang ang buhok ko. **"Bakit kayo nag-away ni Randall??"**

"A-Ahh.. W-Wala yon.."

"May nakita ka noh??"

"H-Ha??"

"Wag kang mag-alala.. Matagal ko ng kilala ang dalawang yan.. At masasabi kong wala kang dapat ipag-alala kay Maxpein, mahal ka nya.."

Bakit nya ba sinasabi ang mga yan?!

Nakaramdam ako ng matindi'ng pagkailang kaya naman napapahiyang tumayo ako at saka tumango sa kanya.

"S-Sa labas muna ako.. H-Hehehehe.." sabi ko at tinanguan nya naman ako.

Saka ako lumabas at dumeretso na muna sa Veranda.

~RING! RING!~

Agad kong kinuha ko ang cellphone ko sa bulsa ng shorts ko nung biglang tumunog yun.

~Tob Calling. . .~

"Hello??" sagot ko.

"San ka?? Nakauwi ka ba ng maayos??" tanong nya at napangiti naman agad ako.

"Namiss mo agad ako?! Hahahaha!"

"Psh! Bakla! Hahahahaha! Gago, gusto ko lang malaman.. Kauuwi lang kasi namin ni Michiko.."

"Talaga? San kayo galing??"

"Sa Mall, hehehehe! Nanood kami ng sine kahit bumabagyo.. para sweet! Nagdate rin daw sina Parrot at Lee, pero hindi kami nagkita sa Mall, ewan ko kung don rin sila.. Ikaw?? Hahahahaha! Lonely boy----"

"Ulul!" natatawang sigaw ko sa kanya!

"Hahahahaha! Bakit?! Hindi ba?!"

"Baka kasama ko ngayon si Taguro?!" gumegewang gewang pa ang ulo'ng tugon ko!

"Ha?!" gulat na tanong nya at lalo akong natawa!

"Hahahahaha! Gulat ka. dre?! Ngayon mo sabihin saking sweet na yung panonood nyo ng sine ni Michiko?! Bwahaha!!!!" mayabang na tawa ko!

"A-Anak ng... Nasa Manila ka?!"

"Oo naman yes!"

"Anong ginagawa mo dyan?!"

"Sinundan nga si Taguro!" inis na sagot ko. **"Wag kang mag-alala dahil nagpaalam akong nandito ako!"**

"Bakit hindi ka nagsama?!"

"Tch! Makikipag-ayos ako kay Taguro---isasama pa kita?! Hahah loko!"

"Oo, hahahaha! Ako taga-harana hahaha!"

"Sorry, dre.. Hindi ko na kailangan nyan hahahahahahahaha!"

"Okay na kayo?!"

"Okay na okay hahaaha! At makakatabi ko syang matulog mamaya---bwahahahaha!!!!" parang bata'ng kanya ko pa!

"What!?" gulat na tanong nya!

"Oo---bakit?! Masama?! Hehehehehe!"

"Psh! Nasa legal age na kayo pero.. h-hindi pa rin tama na magtabi----"

"Ulul! Wag kang mag-imagine! Makakasama namin sina Miss Reycie at yung Samantha sa kwarto! Pero nasa iisang kama kami ni Taguro--bwahahahahahhaahahahah!!!"

"Hahahahaha gago ka Deib!"

"Siraulo ka Tob! Hahahahahahah!"

"Pucha---Edi tumalon yung mga puso mo, dre?!"

"Bwahahahahahaha! Eh ano pa nga ba, dre!? Tsk! Hahahaha!"

"Hayiiiiipppp!"

"Pero." napabuntong-hininga ako.

"Ano??" tanong nya.

"Alam mo bang.. bago ko pa man mapatalon ang mga puso ko ay may nangyari!?" inis na kwento ko!

"Ha?! Anong nangyari!?"

"Tch! Si Randall."

"Oh?! Ano si Randall?"

"Nakita ko syang muntik ng agawin ang mundo ko!" inis na sigaw ko!

"Ano!? Hindi ko maintindihan!"

"Tch.. Nakita ko syang muntik ng halikan si Taguro---"

"Ano!?"

"Oo.."

"Hindi nga?!"

"Oo nga! Badtrip nga e!"

"Oh e anong ginawa mo!?"

"Tch! Edi naging demonyo! Ano pa ba!? Gusto ko syang patayin sa sapak kanina e! Badtrip! Gago'ng yun?! Naabutan kong----napakalapit ng mukha kay Taguro! Pucha dre---isang maling batok ko don--dadausdos ang nguso nun sa nguso ng pinakamamahal ko!"

"Pucha! A-Ano nga'ng ginawa mo!?"

"Sinapak ko.. Tch! Gago ba sya?! Girlfriend nya ang kapatid ko at alam nyang mahal ko si Taguro tapos.. Tsk.." inis na kwento ko. **"Akala ko pa naman ay ayos na sya.. Tch! Kung anu-ano pang sinabi nya sakin nung party ko.. Gago.."**

"I can't believe this.."

"Tch! Lalo na ko! King ina--nagdilim talaga paningin ko kanina! Gusto ko syang iumpog ng malakas sa semento!"

"Buti hindi mo ginawa?!"

"Gumitna si Taguro e.."

"Tsk tsk tsk.. Oh e pano na kayo ngayon nyan?!"

"Edi walang choice.. Dapat magsasama kami sa kwarto, pero syempre.. tumanggi ako.. Unang una, ayaw ko syang kasama! Baka mapatay ko sya habang natutulog sya! Pangalawa, mas gusto kong kasama ang Babe ko, hehehehehehehe!"

"Hindi ako makapaniwala.. Tsk tsk.."

"Lalo na ko.. Kasi.. Dre, kung narinig mo lang yung mga pinagsasasabi nya nung gabi'ng nag-usap usap kami sa loob ng bahay nung party ko.. Tapos, kapag wala pala ako ganon ang gagawin nya?! Gago sya---hindi lang ako ang ginagago nya! Pati kapatid ko!"

"Oo nga.."

"Kung hindi lang talaga pumagitna si Taguro---baka sa ospital nya na ginagamot ang sarili nya ngayon.. Nagbida pa! Binayaran nya pa ang Hotel Room dahil nag-extend! Wala daw kasi sa budget nila ang extension ng stay!" kwento ko at dinig kong napabuntong-hininga pa si Tob. **"O sya, sige na.. Sa Monday na lang tayo magkwentuhan.."**

"Sige sige.. Kwentuhan mo ko ng matitindi, dre! Hihintayin kita hahaahahah! At yung mga puso mo!"

"Hahahaha! Oo sige, malayo pa lang ako---sasalubong na sayo ang mga puso ko hahahahahahahah!"

"Nakakadiri ka, dre hahaha!"

"In love e.."

'In love rin naman ako pero hindi ako ganyan ka-bading! Psh!"

"Tch! Wala kang pakialam, hahaaha!"

"O sige na, maliligo na ako.."

"Sige, salamat sa tawag mo.."

"Bye, bading hahahah!"

"Ulul!" sabi ko at natawa pa sya bago ko tuluyang ibaba ang linya.

At saka ako inis na tumingin sa kawalan..

Manloloko ka'ng gago ka..

Inis akong inalis si Randall sa isip ko!

~TOK! TOK!~

Dahan dahan akong napalingon sa likuran ko at...

SI RANDALL!

"Deib.." tawag nya pa sakin at napasinghal pa ako sa kawalan bago muling tumingin sa kanya.

"Ano na naman!?" inis na tanong ko.

"Gusto kitang makausap.."

"Kung magsosorry ka na naman dahil sa ginawa mo kay Taguro---wag na.." inis na sambit ko sa kanya. **"Makipagbreak ka na rin sa kapatid ko dahil nilolоko mo lang sya---"**

"Deib.." pigil nya sakin at tinignan ko naman sya ng masama!

"Mahal ko si Dein.."

"Tch! Sinong niloko mo?! Ha?! Randall---sinong nilolоko mo?! Sarili mo?!" inis na inis na tanong ko! **"Ha! Mahal mo si Dein?! Gago ka ba?! Oh eh ano yung ginawa mo kay Taguro kanina?!"** pigil ang galit na tanong ko habang nakaturo pa sa loob!

"H-Hindi ko yun s-sinasadya---"

"Ulul!" sigaw ko sa kanya! **"Hindi mo sinasadya?! Pinasok mo sya sa kwarto---tinitigan ng palihim habang natutulog?! Wag mo kong gaguhin dahil alam ko ang nakita ko at hindi ako bobo para magpadala sa mga dahilan mo---"**

"Oo alam ko! Alam ko, mali ako! Hindi ko naman sinasadya!"

"Sinadya mo!!" sigaw ko sa kanya! **"Alam mo---pasalamat ka dahil nakakapagtimpi pa ko sayo! Kung hindi ko lang talaga nirerespeto si Taguro, basag na sakin yang bungo mo!"**

"Deib---listen to me first!"

"Hindi na!" sigaw ko pa at saka dinuro sya**! "Listen to you?! Fvck you!"** sigaw ko pa! **"The last time I listened to your bvllshiiits---naloko mo ko! Tapos pakikinggan pa kita ngayon?! Ihulog na lang kaya kita dito!?"** turo ko sa labas ng veranda!

"Just---listen to me okay?!"

"Ayoko!"

"Mahal ka ni Maxpein!"

"Sinabi mo na rin sakin yan nung nakaraan! Ano namang kasunod?! Ha?! Anong pangloloko na naman ang sasabihin mo ngayon at bukas makalawa ay nasa harap ka na naman nya at parang manyakis na dikit ng dikit sa kanya---"

"Hindi ako ganon!"

"Kung hindi ka ganon---ano yung nakita ko! Pwede ba?! Wag mo na nga akong subukang paikutin! Dalang dala nako sayo e! Akala ko---nagtino ka na! Pucha! Si Taguro---Si Noona---Si Kim---tapos si Taguro na naman ngayon?! Anong klase'ng laro ang tawag dyan?! Ha?!"

"Deib---"

"Hindi'ng hindi kita maiintindihan Randall kahit pa anong idahilan mo! Ha! Ang lakas ng loob mo'ng utusan akong makinig sayo?! Ano namang makukuha ko sayo?! Anong mapapala ko sayo?! E wala kang kwenta! Manloloko ka! Gago!" habol ang hininga'ng sigaw ko pa at bakas naman ang inis sa mukha nya!

Ilang beses syang nagbuntong-hininga habang nakatingin sakin!

Pinipigilan ko ang sarili ko pero ang totoo..

Gustong gusto ko syang sapakin ngayon!

"I know---I'm wrong.. And I'm really sorry for that.. Hindi ko talaga sinasadya yon, Deib.. H-Hindi ko napigilan yung sarili ko at mali ako don---"

"May girlfriend ka.. May boyfriend sya.. Yun lang ang dapat mong tignan!"

"H-Hindi ko nga kasi mapigilan ang sarili ko dahil sa twing makikita ko sya----"

"Tama na!!!!" pigil ko sa kanya! **"Tigilan mo na yang sinasabi mo!"** banta ko pa sa kanya! **"Kung may importante kang sasabihin---sabihin mo na.. Pero wag mo kong utusang pakinggan ka, dahil tatamaan ka talaga!"** sigaw ko sa kanya at bumuntong-hininga na naman sya! Nakailang buntong-hininga pa sya bago muling nakapagsalita!

"P-Please don't tell anything to Dein..?? P-Please---"

"Ang kapal ng mukha mo.." ngingisi munit pigil ang galit na singhal ko! **"Ngayon---uutusan mo naman akong magsinungaling?!"**

"No, h-hindi ganon yon.. I-I'm sorry, okay?? I know I'm being selfish pero.. a-ayokong magalit sya sakin.."

"Gago ka pala e.. Ayaw mo palang magalit sya sayo---bakit ginagawa mo 'to?! Alam mong sa dami ng babae'ng nadidikit sayo---si Taguro lang ang pinagseselosan nya!"

"A-Alam ko.. k-kaya nga ayokong malaman nya.. P-Please---"

"Hindi ko rin kaya'ng lokohin ang kapatid ko.." malumanay na sabi ko at kitang kita ko ang pag-aalala sa mukha nya. **"At mas lalong hindi ko kayang hayaan ang kapatid kong mapunta sa gago'ng tulad mo!"**

"D-Deib---"

"Alis.."

"D-Deib---"

"Umalis ka sa harap ko!"

"Per---"

"Aalis ka?? O sasabihin ko na mismo kay Noona ngayon!?"

"Tsk.." dinig kong singhal nya pa at saka mabilis na umalis sa harap ko.

Huminga ako ng malalim at saka muling tumingin sa labas ng veranda'ng yun..

Wala ng mas kakapal pa sa mukha mo---

"Babe.."

HUMINTO ANG PUSO KO!!

TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!

Babe daw.. Hahahaaha!! Tsk tsk tsk!

Pigil na pigil ang mga ngiti'ng nilingon ko si Taguro.

"Hi Babe.." nakangiting tawag ko pa sa kanya. Lumingon sya sa likuran nya at saka inosente'ng tumingin sakin.

"Nag-usap kayo ni Randall?" tanong pa nya.

Hindi ako sumagot.

Lumapit sya sakin at inis naman akong pinanood ang ulan sa labas ng veranda.

"Pinakiusapan ka ba nyang wag sabihin kay Dein yung nakita mo?" dagdag tanong nya pa at mas nainis lang ako, pero hindi na ako sumagot. **"Pagbigyan mo na sya.."** dagdag nya at saka ako inis lumingon sa kanya!

"What?!" hindi makapaniwalang tanong ko! **"T-Taguro naman?! Tch! Bakit kakampihan mo pa yun---"**

"Hindi ko sya kinakampihan.."

"E bakit gusto mo'ng pagbigyan ko pa sya?!"

"Dahil mahal nya ang kapatid mo.. mahal na mahal rin sya ng Ate mo.."

"Manloloko sya!" inis na sigaw ko at hindi sya nakasagot! Nanatili kaming nakatingin sa isa't isa! Blangko ang mukha nya habang galit na galit naman ako! **"T-Taguro---hindi ko maintindihan e.. Hindi ko maintindihan! Bakit ko hahayaang mapunta ang kapatid ko sa sing-gago nung Randall na yon!? Niloko ka nya! Ginamit nya si Kim! Niloloko at ginagamit nya si Noona---anong maganda don?! Anong tama don!?"**

"Mahal nya si Dein---"

"Kung mahal nya si Noona---hindi nya dapat ginagawa lahat yan!"

"Yung kay Kim---wala akong pakialam.. Pero yung samin.. dala na lang guilt nya yun---"

"King inang guilt yan! Guilt?! Guilt?! Ha! Ahhh.. naguiguilty sya dahil hindi nya nagawang ipaglaban ka?! At ginamit nya na naman si Noona para lang saktan at kalimutan ka---"

"Mali lahat ng ginawa nya.."

"Ayun na nga e! Mali lahat ng ginawa nya---bakit papaboran ko pa sya!"

"Dahil masasaktan rin ang Ate mo kung sasabihin mo sa kanya ang nakita mo.."

"Oh e ano?! E ano kung masaktan sya?! Totoo yung nakita ko!"

"Hindi ko naman sinasabing hindi e.."

"Tch! Hindi ko maintindihan! At hindi ko maiintindihan! Ayokong intindihin!"

"Deib.. Ako na ang nakikiusap sayo---kahit ngayon lang.."

"Bakit ba ikaw ang nakikiusap para sa kanya?!" inis at seryosong tanong ko! Tumitig ako sa mismong mga mata nya at ipinakita ko sa kanya

ang galit ko! **"Bakit kailangang sabihin mo sakin yan at pakiusapan akong pagbigyan sya?! Bakit?! Ha?! Bakit?!"**

"Dahil ayokong mas lumaki pa ang gulo---"

"Taguro mas lalaki ang gulo kung hahayaan kong magkatuluyan sila ng kapatid ko---dahil hindi na magbabago ang pagka-gago nya!"

"Hindi nya na gagawin yun kay Dein.."

"Pano ka nakakasiguro?! Tch!" singhal ko at hindi sya sumagot! Inis akong tinalikuran sya at huminga ng malalim!

Ramdam na ramdam ko ang galit sa dibdib ko!

Nag-uumapaw ang inis sa loob ko!

Wala akong maintindihan!

Kahit anong explain niya---nila!!

Wala akong maintindihan!! Hindi ko maintindihan!! Napakawalang-kwenta ng mga dahilan nila!

"Mas masasaktan ang kapatid mo kapag naghiwalay sila.." dagdag nya pero hindi pa rin ako humarap sa kanya. **"Maniwala ka sakin.. hindi na ako mahal ni Randall.."**

"Kahit pa si Noona ang mahal nya---hindi ko kaya'ng hayaang mapunta ang kapatid ko sa kanya!"

"Alam kong nag-aalala ka---"

"Taguro, hindi naman pwede'ng hayaan ko na lang na si Noona mismo ang makakita ng ka-gaguhan nya?!"

"Oo.. dahil kahit na sabihin mo sa kanya ang nakita mo.. hindi nya maiiwan si Randall.. Hindi nya kayang iwan si Randall---dahil mahal na mahal nya si Randall.."

"Kalokohan!"

"Pero totoo.."

Napapikit ako sa sobra'ng inis!

Nanatili akong humihinga ng malalim habang nakatingin sa kawalan ng biglang maramdaman ko ang mga kamay nya sa kamay ko..

"Wag ka ng magalit.." mahinang usal nya pa. **"Everything will be okay now.."**

"H-Hindi ko matanggap e.." inis pa ring sagot ko na hindi pa rin sya nililingon.

"Pwede bang.. tayo na lang ang isipin mo??" tanong nya at napalingon naman ako sa kanya. Tinignan ko sya sa mata. **"Problema na nila yun.."** dagdag nya at saka ngumiti.

Parang hinaplos naman ang puso ko sa ngiti'ng yun!!!!

Tsk tsk.. Hahahaa!!

Pigil ang ngiti'ng napatingin ako sa kanya at mas lalo naman syang ngumiti!

"Tsk tsk.. Ngiti pa lang yan, Sensui.. Ngiti pa lang.." mapang-asar pang dagdag nya at nginiwian ko naman sya!

"Mayabang ka!"

"Tss.. Talent nga kasi.." natatawa pang sagot nya. **"Tara na.."**

"S-San ba tayo pupunta??"

"Gagala.."

"Ha?! Sa ganitong panahon!? S-Saan?!"

"Sa rooftop.. may swimming pool don.."

"H-Ha?! Lalangoy tayo?!" nakangising tanong ko.

"Hinde.."

"E-Eh ano?!" tanong ko.

"Mamimingwit ng chicks.." nakangising sagot nya at saka hinila ang kamay ko. **"Tara.."**

Puno ng pagtataka'ng nagpahila naman ako sa kanya.

Nagpaalam pa muna sya kay Sam bago kami tuluyang lumabas, at don lang namin nakasalubong sina Coach at Miss Reycie.

"Haaayyyiiippp! Kayo ah?!" panunukso ko kila Coach!

"Psh! Loko ka talaga, Enrile! Saan ang punta nyo?" si Coach.

"Sa Rooftop.. mangchichicks.." nakangising sagot ko!

"Hahaha! Loko!" natawa si Miss Reycie at Coach.

"Sige na, Coach.. Mauna na kami.."

"O sige, tatawagan ko kayo kapag kakain na ha? Mag-ingat kayo don.."

"Geh, Coach.." paalam ni Taguro at saka muling hinila ako.

Sumakay kami sa Elevator at maya maya lang ay nasa rooftop na kami.

Nauuna syang maglakas sakin kaya naman doon ko lang napansin ng tuluyan ang suot nya.

"Sinong may sabi sayo'ng magshorts ka ng ganyang kaikli?!" inis na tanong ko sa kanya at huminto naman sya at saka tinignan ang suot nya at muling lingunin ako.

"Wala ka rin namang sinabing wag akong magsuot ng ganitong---"

"Wag mo nga kong dinadaan dyan sa kayabangan mo?! Bumaba ka don at magpalit ka!"

"Tss.."

"Magpalit ka!"

"Oh e tara, bumaba na lang tayo pareha----"

"H-Hindi na, hindi na, hehehehehe.. Nagbibiro lang ako.." palusot ko at saka hinila sya. **"Wag kang lalayo sakin.."** utos ko pa at saka kami tuluyang lumapit sa pool.

Malakas na ang ulan munit napakarami pa ring naliligo sa pool at kitang kita sa kanilang nag-eenjoy sila! Pa-hapon pa lang pero sa sobrang dilim ng paligid ay parang maggagabi na.

Nakasilong pa lang kami pero nilalamig nako!

Nakakita kami ng isang maliit na bar sa bandang dulo ng rooftop.. May masisilungan naman kaya doon kami dumaan hanggang sa marating namin yun.

"Anong gagawin natin dito?" tanong ko pa habang nakatingin don sa mini bar.

"Kakain.. Tatambay.. Magkukwentuhan.. Magliliwaliw sa mga pwedeng panoorin sa paligid.. Hehehehe.."

"T-Talaga?!" gulat na tanong ko at tumango naman sya at saka tumayo.

"Dyan ka muna.. oorder lang ako.. Anong gusto mo??"

"Bukod sayo---wala na.." nakangising sagot ko.

"Tss.." singhal nya at saka umalis sa harap ko.

Nakangiting pinanood ko pa sya habang papunta sa bar at saka nilingon ang pool.

Sa tantya ko ay nasa benta rin ang mga tao'ng nandoon at naliligo sa pool habang nagpapa-ulan.

Lamang ang mga girls kesa boys at lahat sila ay nakaswimsuit!

Anong magandang tignan dito?! Tch! Kung hindi ko sya kasama ay hindi ako tatagal dito..

"Hi.."

Napalingon ako sa tagiliran ko at gulat akong makita ang isang babae'ng basa'ng basa at naka...

WTF??

NAKA-TWO PIECE SA HARAP KO!

"Hi.." maayos na namang bati nya.

"Hi.." nakangiti ring sagot ko. **"You're pretty.."**

"Hihihi.. Thanks.. I'm Ainnah Kristle.. You are??" nakangiti pang tanong nya.

"I'm taken.." nakangiting sagot ko at natigilan sya.

"H-Huh??" takang tanong nya.

"I'm taken.. already taken.."

"A-Ahh.. Okay.." naisagot nya lang.

Ibinaling ko kay Taguro ang paningin ko hanggang sa maramdaman kong umalis na yung babae sa tabi ko.

Nakatalikod pa rin si Taguro sa akin kaya naman pinagmasdan ko na lang ang likod nya.

Tch! Siguro kahit may magpakilala sakin sa harap nya---balewala!

Napanguso ako habang pinagkikiskis ang mga ngipin ko.

Ilang minuto pa ay bumalik na sya sa table namin.

"Dito ka sa tabi ko.." agad na utos ko at tumayo naman sya kaya naman tumayo rin ako. **"Ako na.."** nakangiting alok ko at saka binuhat ang upuan nya at saka pinaupo sya.

Round table ang nasa harap namin at matataas na upuan ang inuupuan namin.

"May nagpakilala sakin, Babe.." nakangising kwento ko.

"Oh??"

"Mmm.."

"Sino??"

"Ainnah Kristle daw e.."

"Ahh.."

Badtrip naman 'to! Magselos ka!

"S-Sabi ko.. taken nako.." dagdag kwento ko.

Nilingon nya ako at animong inosente'ng inosente sya sa reaksyon ng mukha nya!

"Taken ka ba??" inosenteng tanong nya kaya naman napanguso ako!

"O-Oo!"

"Talaga..?? Nino??"

"A-Anong nino??"

"Sinong girlfriend mo?"

"I-Ikaw!"

"Ako?! Hahahaha! Asa.."

Parang maiiyak na bata ang itsura ko nung tumingin ako sa kanya!

"T-Tinawag mo na ako ng Babe kanina eh!" inis na sagot ko!

"Anong Babe?! Deib yon!"

"A-Anong---H-Hoy Taguro! Wag kang sinungaling! Alam ko kung anong narinig ko!" kakamot kamot ng leeg na sigaw ko!

"Tss.. Ewan ko sayo, assuming ka---"

"S-Sinabi nga kasi yon! Narinig ko!"

"Mali ang dinig mo kung ganon.." nakangising sagot nya at sumimangot ako ng todo!

"H-Hinde!"

"Hahahaha para kang bata.."

"Bawiin mo yung sinabi mo.."

"Ayoko.."

"Taguro naman e!"

Hindi nya na ako sinagot at nakakainsulto'ng ngisi na lang ang isinukli nya sakin!

Wala naman akong nagawa kung hindi simangutan sya at saka ako muling tumingin sa pool.

Bahala ka.. Maghahanap ako ng iba dito..

"Here's your order, Ma'am.." biglang lapit nung waiter at nilingon ko naman yun.

"Thanks.." nakangiti ring sagot ni Taguro.

Maya maya pa ay nagsimula na kaming kumain.

"Oh.. Fries mo.." sabi nya pa na inilapag ang maliit na plate ng fries sa harap ko.

"Aaaahhh.." sabi ko na ibinuka pa ang bibig ko.

Nilingon nya naman ako pero blangko pa rin ang reaksyon ng mukha nya.

"Ahhhhhh...!!!" pag-uulit ko munit mas malakas na!

Hindi pa rin nya ako sinubuan at nagtuloy lang sya sa pagkain ng burger nya!

Wala man lang sweetness!

Nakasimangot akong ngumasab sa burger ko at sumubo ng fries sabay inom ng shake!

Masama ang tingin ko sa kanya at hindi ko inalis sa kanya yun!

"Wag mo kong titigan---"

"Wala kang pakialam!" pigil ko sa kanya at gulat syang nilingon ako! **"Hindi mo ko mahal!"**

"Tss.. hahahahaha! Ayan ka na naman e.." sagot nya at saka kumuha ng tinidor at tumusok ng fries! **"Aaaahhh.."** sabi pa nya na inilapit yun sa

bibig ko at napangiti naman ako bago ibinuka ang bibig ko.

"Aaaahhhh----"

SINUBO NYA SA SARILI NYA ANG FRIES!

"Hahahhaha!!!" malakas pang tawa nya! **"Subuan mo ang sarili mo---wag mo kong pagdabugan at wag mo kong titigan!"**

"Hindi mo ko mahal!"

"Wag ka ngang maingay!"

"Hindi mo ko mahal.." nakanguso pang sabi ko.

"Manahimik ka nga.." biglang seryosong sabi nya at natigilan ako. **"Hindi sa fries nadadaan ang nararamdaman ko.."**

"Ang s-seryoso mo.." nakangusong tugon ko at tumingin sya sakin ng deretso.

"Kasi ayoko sa lahat ay yung dinadaan sa biro ang nararamdaman ko.."

"S-Seryoso naman ako sayo ah??" kabado'ng tanong ko at natawa naman sya.

"Oo nga.. Hahahaha!"

"T-Tch!" singhal ko!

Napapahiyang nagtuloy na lang ako sa pagkain ko.

Pero maya maya lang rin ay nakangusong nilingon ko sya at saka ngumunguyang tinitigan sya.

"Taguro!"

"Mmm??"

"Mahal mo ko??"

"Eh??"

"Tinatanong ko kung mahal mo ko..???"

"Bakit na naman??"

"Gusto ko kasing marinig.."

"Tss.."

"Sagotin mo nalang kasi.." nakangising sabi ko pa.

Tumingin sya sakin at tinitigan ko sya.

Mabilis nyang iniwas ang paningin nya sakin at nagtuloy sa pagkain.

"Hoy---tinatanong kita e!" mahinang sigaw ko pa.

"Kumain ka na lang.. mabubusog ka pa.."

MAX'S POV

Bakit ba may tao'ng nuknukan ng kulit?! Tsk..

Nagtuloy ako sa pagkain at sadyang hindi pinansin ang mga sinasabi nya.

Dahil sa sobrang lapit namin sa tabi ng isa't isa ay nakikita ko sya sa gilid ng paningin ko. Ipinatong nya ang siko nya sa table at ang sintido nya sa kamao nya at saka ngingisi ngisi'ng tumitig sakin.

Napabuntong-hininga ako at saka ngumasab sa burger ko.

"Taguro.." tawag na naman nya.

Boses nya pa lang.. makulit na..

"Mmm??" nakatingin sa inuming tugon ko at saka humigop don.

"Mahal mo ko??"

Napapikit ako at inis na inilapag ang iniinom at kinakain ko, at saka ako tumingin sa kanya!

Tsk.. Mukha kang TUTA!

Tumitig ako sa kanya at hindi ko na napigilan ang sarili kong matawa!

"Hahahahaha.. mukha kang tanga! Paulit-ulit ka.."

"Tch.. E ni wala ka ngang sinagot maski isa.."

"Oo nga! Mahal kita!" sagot ko at saka muling kinuha ang burger ko at..

"Uhmp----!!!"

Mabilis niyang hinawakan ako sa baba at saka iniharap ang mukha ko sa kanya at saka..

HINALIKAN AKO..

"A-Ano ka ba..??" mahinang tulak ko sa kanya at saka luminga sa paligid. **"A-Andami daming tao dito.."**

Ang bilis bilis ng tibok ng puso ko!

Napalunok ako at itinuon ang paningin ko sa kinakain ko!

Anak ng.. bawas angas points yun ah!

Inis akong nilingon ulit sya!

"W-Wag mo ng uulitin yun ah!" banta ko sa kanya!

"Tch! Bakit namumula ka?!" natatawang tanong nya! **"Hahahahaha!"**

"T-Tss.." singhal ko at saka nagtuloy sa pagkain ko!

Maya maya pa ay pareho na kaming kumakain. Nung matapos kami ay tumingin kami sa mga nagsuswimming sa pool.

Kumapa ako sa bulsa ko at saka kinuha ang sigarilyo ko. Hindi ko maipaliwanag ang kaba'ng naramdaman ko dahil alam kong sisitahin na naman nya ako.

"Tigilan mo na sabi yan e!"

Hinugot nya ang stick sa bibig ko at saka binali yun sa harap ko.

"Akina yan!" sabi nya na pilit inaagaw ang kaha at lighter ko. Sumeryoso naman ako ng tingin sa kanya.

"Nakilala at minahal mo kong ganito kaya---"

"Manahimik ka!"

"Tss.." singhal ko at saka muling kumuha ng isa at mabilis na sinindihan yun at binugahan sya sa mukha!

"A-Ano ba! N-Nakakadiri ka!"

"Alam mo ba'ng.. kusang huminto si Naih sa pagbibisyo dahil kay Lee??"

"H-Ha?? Talaga??"

"Mmm.. at gusto ko.. ganon rin ako sayo.."

"B-Bakit??" takang tanong nya at bumuga naman ako sa ere ng isa pa.

"Kasi mas maganda yun.. bisyo 'to kaya naman, hindi madaling alisin.. Hindi agad agad maalis.. Kaya kung aalisin ko 'to.. sisiguraduhin kong dahil sayo.." seryosong dagdag ko na tumingin pa mismo sa mga mata nya.

Tumitig sya sakin at parang naintindihan nya na ang ibig kong sabihin at umastan animong na-touch pa.

Engot..

Nagstay pa kami doon ng matagal..

Nanood ng mga babae at lalaking nagsuswimming sa ulanan. Nagkwentuhan rin kami munit nauwi lang lahat sa asaran sya. Alaskador ako at pikon naman sya.

Nung bumaba kami ay dinner na rin kaya naman sa Resto na kami dumeretso at nandon na silang lahat.

"Busog pa ko.." mahinang usal ko nung maupo ako sa table namin. **"Kumain kasi kami sa rooftop.."**

"May Resto rin don??" si Sam, at umiling ako.

"Maliit na bars lang.." sagot ko.

"I see.. Nice, bonding.." biro nya pa at ngumiti na lang ako.

"Bukas ng tanghali ay dadating na yung school bus para sunduin tayo.. Kaya ngayon pa lang ay ayusin nyo na ang mga gamit nyo para bukas, aalis na lang tayo.. Make sure na wala kayong maiiwan.." si Coach.

"Yes Coach.." sagot namin.

"Oh, Enrile.. Pano ka??" baling ni Coach kay Sensui at tumingin naman 'to sa kanya.

"Anong pano ko, Coach??"

"May dala kang kotse??"

"Isasabay ko sakin 'tong girlfriend ko.." nakangising sagot nya at nilingon ko naman sya at ngumiti sya sakin. **"Baka ahasin sa bus nyo e.."** biglang sarkastikong dagdag nya na sumulyap pa kay Randall.

Napabuntong-hininga naman si Coach at saka muling nagsalita.

"Mag-iingat na lang kayo sa pagmamaneho nyo bukas.." dagdag pa ni Coach.

Naging tahimik ang dinner namin, lalo na si Randall. Ramdam kong naiilang sya pero wala syang magawa. Ramdam ko naman ang pakiramdaman nilang dalawa ni Sensui kaya nung matapos kami ay pinasabay ko si Sensui kila Coach.

"Bakit?! Saan ka pupunta?!" inis na tanong sakin ni Sensui nung paunahin ko na sya.

"Sa labas.. Kakausapin ko lang si Randall---"

"Pwede ba?! Tigilan mo na ang pakikipag-usap mo sa kanya!"

"Kaya ko nga sya kakausapin para yun na ang huling pag-uusap namin---"

"Sasama ako!"

"Wag na.." malumanay na tanggi ko at hinawakan ang braso nya. **"H-Hindi kami makakapag-usap ng maayos kapag sumama ka---"**

"Bakit naman!?"

"Tss.. Sa ganyang lagay mo??" natatawa kunwaring tanong ko at saka muling sumeryoso. **"Sumabay ka na kila Coach.. babalik agad ako.."**

"Pero, Taguro.."

"Babalik agad ako.. Wag kang mag-alala.." dagdag ko at tinignan nya naman ako na parang nanlulumo. Bakas ang magkahalong inis at pagmamaktol sa mukha nya pero wala na syang magawa. Inis syang tinalikuran ako at padabog na sumunod kila Coach. Sinundan ko naman sya ng tingin at saka naglakad papalayo.

"Babe!!!!"

Gulat akong napalingon at nakita ko syang nakatayo malapit na naman sakin at nakanguso!

"A-Ano??" pigila ng tawa'ng tanong ko.

"H-Hihintayin kita dito.." nakanguso pa ring sagot nya at natatawa akong napakamot sa ulo. Isinalampak nya ang sarili nya sa sofa na yun na nasa lobby.

"Sige.. hintayin mo ko dyan.."

"Bilisan mo ah??" nakanguso pa ring sigaw nya at tumango naman ako at saka tuluyang lumabas.

Hindi na ako nahirapang maghanap dahil paglabas ko ay natanaw ko agad si Randall na naninigarilyo sa tabi. Agad akong lumapit sa kanya at nagsindi rin ng isa.

"P-Pein.." gulat na usal nya pa kaya naman nakangiting nilingon ko sya.

"Okay ka lang ba?" tanong ko at bahagyang natigilan pa sya.

"O-Of couse.." naiilang na sagot nya. Tumingin ako sa malayo at saka doon ngumiti. Ramdam ko pa ring nasakin ang gulat na paningin nya.

"Isang beses ko lang sasabihin 'to kaya naman.. pakinggan mo ng maigi.." usal ko at saka muling tumingin sa mga mata nya at sumeryoso. **"Dumistansya ka sakin."** madiing dagdag ko. **"Dahil hindi mo magugustohan kapag ako mismo ang nagsabi kay Dein ng mga kalokohan mo---"**

"Pein.."

"Alam kong mahal mo si Dein, Randall.. Wag mong lokohin ang sarili mo.. Tigilan mo na ang ginagawa mo at maawa ka sa sarili mo at tao'ng mahal mo.. Wag kang tanga.. Wag mong guluhin ang maayos na.."

Hindi sya nakasagot.

Kung gusto mo kong maging kaibigan.. ayos lang sakin.. Pwede kang umasta bilang ikaw sa harap ko.. pero wag kang loloko-loko, baka kamao ko na ang maramdaman mo dyan sa pinsgi mo.." natatawang dagdag ko at nagulat lalo sya.

Maya maya pa'y ngumiti rin sya.

"Tsk tsk.. Walang kupas.." natatawang bulong nya.

"Pero seryoso ko sa mga sinabi ko---"

"Alam ko.." pigil nya sakin. **"Thank you.."** sinserong usal nya at tumingin naman ako sa mga mata. **"Salamat dahil parati mong iniisip ang mas makakabuti.. Salamat.."** dagdag nya at ngumiwi naman ako kunwari.

"Pasalamat at pagsang-ayon mo lang ang inaasahan kong sagot.. Hindi ko kelangan ang papuri mo.." pang-aasar ko sa kanya.

"Hahahahaha.. Bumabalik ka na sa dati.." natatawang dagdag nya at nakitawa naman ako. **"I'm happy for you.."**

"You have to be happy for yourself.. Tss.."

"Buti pinayagan ka ni Deib na makipag-usap sakin?"

"Mmm.. hinihintay nya ko.." sabi ko na nilingon pa si Sensui na lilinga linga namang nakaupo sa lobby. Napangiti pa ko sa ka-cute-an nya.

"You're in love.."

Hindi ko sya kinibo at saka ako bumuntong-hininga.

"Maswerte kayo sa isa't isa.." dagdag nya pa.

"Mmm.. mukhang wala nakong takas sa isang yan.." natatawang sabi ko na sinulyapan pang muli si Sensui at saka muling tumingin kay Randall na tatawa tawa na rin. **"Sinusundan daw sya ng mga puso ang king ina.. hahahhaha!!!"**

"Hahahaha!!!!" natawa kami pareho at saka muling tumingin sa isa't isa. **"Friends??"** tanong nya at inilahad ang kana'ng kamay nya. Tinignan ko naman yun saka muling tumingin sa kanya.

"Mmm.. friends.." sabi ko po na kinuha ang kamay nya at nakipagshakehands.

Matapos kong kausapin si Randall ay ramdam na ramdam ko ang matinding paggaan ng loob ko. Masyadong mabilis ang mga pangyayari pero swabe lang kaya ayos na rin.

Tulog?!

Gulat ako'ng natigilan pa sa paglalakad ko nung bago tuluyang makalapit at nakita kong nakayuko si Sensui habang magkakrus ang mga kamay at nakapandekwatrong... PAMBABAE..

Ang ganda ganda.. Tsk tsk..

Lumapit ako sa kanya at saka dinunggol ang sapatos nya!

Agad naman syang tumingala sakin.

"B-Babe.." naiusal nya pa.

"Tara na.."

"Inaantok nako.." nakanguso at pupungay-pungay ang mga mata'ng sabi pa nya kaya naman inilahad ko na ang kamay ko. Nakangiti naman syang inabot yun. **"Haaaaaa!"** sabi nya pa at nag-inat sa harap ko! **"Aaaaahhhrrrrr!!"**

"Uhmp!" igtad ko sa biglaang pagyakap nya sakin!!!

NIYAKAP NYA AKO NG MAHIGPIT!

At saka sya kusang humiwalay!

"Namumula ka na naman.." sabi nya na pinindot pa ang pisngi ko at saka inakbayan ako. **"Tara na.."** yaya nya.

Hindi na kami nag-usap sa daan paakyat sa taas. Nung makarating kami sa Hotel Room namin ay naghahanda na sila sa pagtulog nila.

"Deib, Maxpein.. Magsitulog na rin kayo ha?? Matutulog na kami ni Samantha.." sabi pa ni Miss Reycie at tinanguan ko na lang sila hanggang sa makapasok sila sa kwarto namin.

"Goodnight.." paalam pa ni Sam at kinawayan ko naman sya.

"Ang aga naman nilang matulog.." bulong ko pa at saka nilingon si Sensui na muling sumalampak sa sofa. Nangiti pa ako nung tignan ko sya at saka yumuko sa kanya.

"Woi.." sabi ko na inuga-uga pa sya. **"Woi.. maligo ka na at matulog ka na don sa kwarto.."**

"Tabi tayo.." usal nya habang nakapikit!

Biglang bumilis ang tibok ng puso ko!

Hindi ako nakagalaw at kabadong napatingin na lang ako sa kanya at dahan dahan naman bumukas ang mga mata nya at tumitig sakin!

"Gusto kitang katabi matulog.." dagdag bulong nya pa!

Parang nagtayuan ang mga balahibo ko sa buong katawan!

"O-Oo nga.." naisagot ko. **"M-Maliligo pako.."** sabi ko pa at saka umayos sa pagkakatayo.

Tsk.. Bakit ba kinakabahan ako ng ganito?! Badtrip..

"Tawagin mo ko kapag tapos ka na, maliligo rin ako.." sabi nya at hindi ko na sya pinansin pa.

Dali dali akong pumasok sa kwarto at naghalungkat ng marahan sa mga gamit ko!

Wala ba akong mahaba habang pants at malaki laking shirt dito?!

Kinakabahan ako! Naiisip ko pa lang makakatabi ko syang matulog---- BURAOT!

Huminto ako panandalian at huminga ng malalim..

Kumalma ka.. Wala naman syang gagawing masama, tiwala lang..

Inayos ko ang mga gamit ko at saka ako pumasok sa banyo at saka naligo.

Ilang minuto pa ay tapos na rin ako kaya naman nilabas ko sya at ginising..

"Woi.. Sensui.."

"Mmm??"

"Tapos nako.. Maligo kana.." sabi ko pa na hinaplos ang mamula mulang pisngi nya. Napangiti pa ako nung parang bata'ng kinusot nya pa

ang mata nya saka mabilis na tumayo at muling yumakap sakin.

"Mmmm... Tsup!"

Hinalikan nya ako sa ulo bago derederetsong pumasok sa loob ng kwarto.

Ramdam ko na naman ang kaba sa dibdib ko! Mas matulin na kumpara sa kaba'ng nararamdaman ko kanina!

Naupo ako sa sofa at saka tumingin na lang sa labas ng veranda.

Mas malakas na ang ulan kumpara kanina.. Gabi na kaya malamang napakalamig mamaya!

Ilang minuto rin akong nagstay doon at nahinto lang ang pag-iisip ko nung biglang bumukas ang main door at pumasok si Randall.

"Oh?? Bakit nandyan ka pa??" tanong nya.

"Naliligo si Deib.." sagot ko.

"Ahh.."

~KLAK!~

Sabay kaming napalingon ni Randall sa pinto ng kwarto namin nila Sam nung bumukas yun at lumabas si Sensui!

Nagpupunas ng towel sa ulo at kitang kita namin pareho ni Randall ang unti-unti'ng pagsasalubong ng mga kilay nya!

"Ano na naman!" sigaw nya kay Randall!

"W-Wag kang maingay, woi.." sita ko sa kanya at ngumuso sya ng todo.

"Tara na!" yaya nya sakin at saka lumapit at hinawakan ako sa braso dahilan para mapatayo ako. **"Matutulog na kame!"** sabi nya pa kay Randall at saka tumalikod!

Nagkatinginan naman kami ni Randall at sabay na napailing habang palihim na tumatawa.

"Goodnight.." pigil ang tawa'ng sabi pa ni Randall.

"Goodnight mo---mukha mo! Bangungutin ka sana!" sigaw pa ni Sensui sa kanya at saka ako tuluyang hinila! **"Wag ka ngang makikipag-usap dun bago matulog---bangungutin ka rin!"** sabi pa nya at saka kami pumasok sa kwarto.

Abnoy talaga.. Hahaha!

Naupo pa muna sya sa gilid ng kama at saka nagtuloy sa pagpupunas ng buhok nyang basa.

"Oh.. Kinuha ko 'tong jacket mo.. Magjacket ka, kasi lumalamig na.." sabi nya na ibinato pa sakin ang jacket ko.

Dali dali ko namang sinuot yun.

"Oh! Magmedyas ka rin! Baka lamigin ka!" sabi pa nya at saka binato sakin ang pares ng medyas at..

"A-Ah.." tinaman ako sa mukha.

"A-Ayy.. Sorry..." bulong nya at saka lumapit sakin at hinawakan ang pisngi ko at ngumiti. **"Matulog na tayo ha??"** nakangiting bulong nya pa. **"Mrs. Enrile.. Hehehehe.."**

"S-Sira ulo mo.." bulong ko rin.

"Sayo?? Oo.. Heheheh.." sabi nya at saka isinampay ang twalya nya sa upua'ng nandoon at nahiga sa tabi ko! Nananatili naman akong nakaupo at ilang na nakatingin sa kanya!

Kinuha nya ang isang unan at inilagay sa gitna namin.

"Mahiga ka na.." utos nya pa kaya naman napapailing na sumunod naman ako at humiga. Tumalikod ako sa kanya! **"Humarap ka sakin.."** mahinang sabi pa nya.

B-Bakit ba kase kelangang pumunta pa 'tong buset na 'to dito! Badtrip!!

"Pumikit ka na at matulog.." sabi nya pa at saka ngumiti. Kinuha nya ang kamay ko isinuksok ang mga daliri nya sa daliri ko at saka bahagyang hinigaan yun sa pisngi nya. **"Sa susunod na gigising ka sa tabi ko.. *'asawa'* na kita.."**

Sa susunod na gigising ka sa tabi ko.. 'asawa' na kita..

OceanofPDF.com

CHAPTER 150

DEIB'S POV

Namumula na naman ang mukha nya..

Tinitigan ko ang mukha nya at hindi ko mapigilan ang matawa dahil ilang na ilang sya!!!

"Bakit namumula ka??" natatawang tanong at siniringan naman nya ako.

"W-Wag mo kasi akong t-tignan.."

"Nauutal ka pa.."

"T-Tss.."

"Namiss kita.." mahinang sabi ko pa at lalo pa sya'ng namula!

Hahaha! Kinikilig sya..

Ang sarap sarap titigan ng mukha nya.

Kitang kita ko yung pagbabago ng reaksyon sa mukha nya at ultimong bawat kibot ng mga kilay at labi nya ay nakikita ko sa harap ko.

Halos mapabungisngis ako sa tawa.

Lalo akong lumapit sa kanya at umatras naman agad sya.

"Dito ka.. baka mahulog ka.." seryosong sabi ko pa at saka tumingin sa leeg nya dahil galaw ng galaw yun dahil sa sunod sunod na paglunok nya. **"Natatakot ka ba sakin??"** natatawang tanong ko.

"H-Hindi.." sagot nya.

Amoy na amoy ko ang mint at ramdam ko ang hininga nya sa mukha ko sa sobrang lapit namin.

"Wala naman akong gagawin sayo.." malumanay na bulong ko.

"A-Alam ko.."

"Hahahahaha.." mahinang tawa ko. **"Taguro.. Hawak ko ang kamay mo.. Kaharap kita at lahat ng reaksyon mo ay nakikita ko.. Masyado rin tayong malapit kaya naman ultimong bulong mo dinig na dinig ko.. Ramdam ko ang nginig ng kamay mo, nakikita ko ang pagkailang sa mukha mo at naririnig ko ang tibok ng puso mo.. Kinakabahan ka.."** natatawa munit seryosong bulong ko at kitang kita ko ang paglunok nya.

"Hanep sa pandinig ah?! Pati tibok ng puso ko dinig mo!? Amazing.."

"A-Ah.. E-Eh.. E-Eto! Eto!" mahinang singhal ko at ipinakita ko sa kanya ang kamay nya! **"Naririnig ko ang bilis ng tibok ng puso mo dito! Wag ka ngang tanga.. Tch! Kinakabahan ka talaga aminin mo na!"**

"N-Ngayon lang kasi a-ako t-tumabi sa lalaki.. p-pagtulog.."

"Mmm.. Maliban sa Mommy ko at Ate ko, ikaw pa lang rin ang nakatabi ko.."

"Malamang.. ako lang naman naging girlfriend mo.."

Nang-aasar ang dating ng tono at itsura nya!

Nung makita nya akong sumama ng tingin sa kanya ay dahan dahang nawala ang ngisi sa mukha nya kaya naman ako naman ang ngumisi!

"Tch! Pano ka naman nakakasiguro??" mayabang na tanong ko at sumeryoso sya ng todo! Pero hindi sya nagsasalita! **"Sigurado ka bang... *'ikaw'* lang talaga ang naging *'girlfriend'* ko???"** sarkastikong tanong ko!

Tignan natin kung sinong mas mayabang ngayon hehehehe!!

Pilit nyang hinigit ang kamay nya mula sa pagkakahawak ko kaya naman glat akong pinigilan ang paghila nya.

"A-Ano?!" nakangusong tanong ko. **"Hahawakan ko lang 'to.."** sabi ko pa na mas hinigpitan ang pagkakahawak ng mga kamay namin.

Hindi na sya nagsalita at PUMIKIT na lang!

"M-Matutulog ka na??" napakahinang tanong ko.

"Mmm.."

"K-Kausapin mo muna ako.."

"Matulog ka na.."

"Babe.."

"Goodnight.." sabi nya pa at malakas na HINILA ang kamay nya!

Sa sobrang gulat ko ay nabitiwan ko yun!

TUMALIKOD SYA SAKIN!

Anong nangyari dito?!

Tumitig ako sa likod nya habang nakanguso!

Tch! Wala talagang kwenta! Ngayon na nga lang makakatabi---tatalikuran ka pa!

Tsk! Ano bang sinabi ko?!

Nakanguso at nagmamaktol na tumitig pa ako sa likuran nya..

H-Hindi kaya.....?

Tsk tsk tsk.. Nagseselos ang Babe ko..

Agad akong lumapit papalapit sa kanya at inipit sa pagitan namin ang malambot na unan na pinagitna ko samin kanina.

AT SAKA KO SYA NIYAKAP NG NAPAKAHIGPIT!

Ramdam ko pa ang gulat nya!

"Nagseselos ka??" mariing bulong ko.

Hindi sya sumagot at ramdam ko pa rin ang pagkagulat nya.

Marahan kong ipinatong ang pisngi ko sa pisngi nya.

"Binibiro lang naman kita e.." malambing na usal ko pa.

"T-Tss.. h-hindi ako nagseselos.."

"Sus.. Hindi ba talaga??"

"H-Hindi nga!"

"Wag ka maingay.." natatawang bulong ko pa. **"Nagseselos ka..???"**

"H-Hindi nga.."

"Umamin ka na.. Ngayon lang naman e.."

"L-Lumayo ka sakin.." nanginginig pa ring bulong nya at hindi ko na napigilan ang sarili kong matawa.

"Bakit ba parang takot na takot ka sakin???" natatawang tanong ko.

"H-Hindi nga ako natatakot.."

"Nanginginig ka.."

"H-Hindi ahh.."

"Humarap ka na sakin kasi.."

"A-Ayoko.. i-inaantok nako.."

Hindi ko maipaliwanag ang kakaibang tuwa'ng nararamdaman ko sa dibdib ko..

Hahahahha!!! Napakasarap na ewan!

Dahan dahan ko syang iniharap sakin at mas lalo kong nakita ang pagka-*ILANG* sa mukha nya nung muling magtama ang paningin namin.

Tinitigan ko sya sa mga mata at mas lalong hindi ko mapigilan ang mamangha sa ganda ng mga mata nya..

"Buti pa yung mga mata mo.. andami daming sinasabi.." mahinang bulong ko sa kanya. **"Kung anong ikinatahimik ng bibig mo.. sya namang daldal ng mga mata mo.."**

"Tss.. Kung anu-anong nakikita mo.." singhal nya.

"Sinasabi kasi ng mga mata mo'ng bukod sa napakagwapo ko.. mahal mo daw ako.."

"Minsan.. sinungaling rin yung mga mata ko.." nakangising sagot nya.

"L-Loko ka ah!" mahinang singhal ko sa kanya.

Nagtama ang paningin namin at pareho kaming natawa sa isa't isa..

Hanggang sa nawala ang mga ngiti sa labi nya at ayun na naman yung naiilang na tingin nya.

Kaya naman lalo akong ngumiti sa kanya at dahan dahang inilapit ang mukha ko sa kanya! Dahan dahan naman syang umatras! Kaya ang nangyari samin ay para kaming.....MGA TANGA!

Dahan dahan ang lapit ko munit dahan dahan rin ang paglayo nya hanggang sa..

"Ahh!" mahinang sigaw nya!

MUNTIK NA SYANG MAHULOG SA KAMA!

Pero dahil gwapo ako at sweet.. NAYAKAP KO AGAD SYA!

"Sabi ko naman sayo kasi.. dito ka lang..." sabi ko na mas hinapit sya papalapit sakin!

Pero kumalas sya mula sa pagkakayakap ko at saka tumalikod na naman sakin!

"Miss na miss kita tapos.. tatalikuran mo lang ako..." nakanguso pa kunwaring bulong ko. **"Ilang araw kitang hindi nakasama.. Muntik nakong magsaksak ng sarili ko nun.."**

"Tss.." singhal nya at ramdam ko sa pisngi ko ang pagtawa nya.

"**I love you.."** nakangiting bulong ko pa.

"Lumayo ka sakin---"

"Bakit ba ang sungit mo?" pagmamaktol ko. **"Hindi mo na ba ko mahal?"**

"M-Mahal kita pero w-wag mo kong dikitan.."

Marahan akong lumayo sa kanya at saka tumalikod rin! Pareho na kaming nasa magkabilang dulo ng kama!

Tch! Napakasungit! Wala naman akong ginagawa!

Ilang minuto pa akong nagstay na nakatalikod sa kanya at nagmamaktol hanggang sa bumangon ako at kinuha ang kumot ko!

Muli akong lumapit sa kanya at humalik sa pisngi nya..

"Goodnight, Babe.. I love you.." bulong ko at saka marahang umalis sa kama at lumabas ng kwarto'ng yun.

Nakangiti paring humiga ako sa sofa at saka nag-imagine!

Sigurado akong nagseselos sya..

Natatawang nilingon ko pa ang pinto ng kwarto nila at saka pumikit..

"W-Woi.."

Gulat akong napalingon sa pinto ng kwarto at natawa ko nung makita ko si Taguro!

"Ano?? Namiss mo agad ako?" mayabang na tanong ko!

"A-Anong ginagawa mo dyan??"

"Matutulog.." sagot ko at hindi sya sumagot! Bakas sa mukha nya ang magkahalong pagkailang at guilt!

"Bakit ka lumabas??" nakanguso kunwaring tanong ko pero hindi sya sumagot at iniiwas ang paningin sakin. **"Dito ka.."** sabi ko na pinagpag ang parte ng sofa'ng hinihigaan ko.

Gulat syang tumingin sakin pero hindi sya gumalaw.

"Dito ka sabi.." seryoso'ng yaya ko pa sa kanya at sumunod naman sya at agad na lumapit.

Hindi pa rin sya naupo don kaya naman kinailangan ko pang hilahin ng bahagya ang kamay nya kaya naman napaupo rin sya.

Malaki rin kasi ang sofa na yun na kahit pa mahiga kaming dalawa doon ay magkakasya kami.

Nanatili akong nakahiga habang nakaupo naman sya at nakasandal ng bahagya sa bandang tiyan ko.

"Nagselos ka kanina no??" seryoso kunwaring tanong ko at salubong ang kilay namang nilingon nya ako.

"Tss.. Hindi nga.."

"Tch! Wag mo ng itangge! Nanahimik ka bigla e!" pang-aasar ko at iniiwas naman nya ang paningin nya sakin! **"N-Naging girlfriend ko si Kim.."** dagdag ko at mas salubong ang kilay na nilingon nya ako! **"Ohh?? Hahahahahaha! Yan ba ang hindi nagseselos?!"** pang-aasar ko sa kanya na itinuro pa ang mukha nya at saka natatawang naupo ng maayos!

"Tss.."

"Nagseselos ka.."

"Syinota mo sya para lang saktan ako?? Nice.."

"S-Sorry na.."

"Salamat sa effort, pinaalala mo pa talaga.." inis na sagot nya habang nasa malayo ang paningin.

"Bakit nga ba hindi natin simulan sa umpisa??" tanong ko at taka naman syang nilingon ako.

"Ang alin?"

"Pag-usapan kung anong nangyari. Kwentuhan mo ko..." sagot ko na nakatingin mismo sa mga mata nya. Ilang beses pa syang kumurap at saka

tumingin sa iba bago nakapagsalita.

"Pano ko sisimulan??" nakangiting tanong nya kaya naman ngumiti rin ako.

"Bakit magkasama kayo ni Randall sa building nung time na yun??" taas-noong tanong ko!

"Pinuntahan nya ko.."

"Bakit nga?!" inis na tanong ko.

"Tss.. Mahal daw nya ako.."

"A-Ano?!" inis na tanong ko!

"Hindi daw ako mawala sa isip nya at sa tinign daw nya ay mahal pa nya ako.. Tss.. Kalokohan.. Tapos.. gusto nyang sabihin kong hindi ko na sya mahal.."

"Kaya sinabi mong mahal mo sya?!" inis paring tanong ko.

"Sinabi ko yun pero.." tumingin sya sakin at ngumuso. **"..may kasunod pa.. Tanga ka lang talaga dahil makikinig ka rin lang, binitin mo pa."**

"L-Loko ka ah.." nakangusong sabi ko na kinurot ng bahagya ang pisngi nya. **"Oh e ano ngang sinabi mo??"**

"Na mahal ko sya.. *'noon'*.."

Parang dinamba ang dibdib ko!

"Pero hindi na ngayon.." dagdag nya pa kaya naman lalo akong natigilan!

Ang tanga tanga mo, Deib! Inutil! Mangmang! Bobo!

Hindi ako nakapagsalita at naibaba ko ang paningin ko dahil hindi ako makatingin sa mga mata nya..

Pakiramdam ko ay sasabog ang dibdib ko at nagsisimulang magkumawala ang guilt sa loob loob ko!

"Sinabi ko rin sa kanyang mahal kita.. at m-mas minamahal pa kita ng higit sa inaakala ko.."

"T-Taguro.." kabadong naiusal ko.

"Tapos.. pagkababa ko.. *'wala'* ka na.. The next thing that happened, nakipagbreak ka na.."

Parang tinusok ang puso ko nung makita ko ang pangingilid sa mga mata nya.

"B-Babe.." usal ko na naihawak pa ang kamay ko sa kamay nya.

Pilit syang ngumiti sakin at saka tumingin sa kamay naming magkahawak.

"H-Hindi ko maintindihan nun k-kung bakit.. p-parang ganon kadali sayong iwan ako.." nagsisimula ng gumaralgal ang boses nya. **"H-Hindi ko maipaliwanag yung.. y-yung sakit na nararamdaman ko.."**

"B-Babe.."

Nagsisimula ng tumulo ang mga luha sa mga mata nya at parang naninikip naman ang dibdib ko habang tinititigan sya.

"K-Kaso.. a-abnormal yata talaga ako.. K-Kahit na ang sakit sakit nung ginawa mo.. h-hindi ko pa rin kayang mawala ka ng ganon ganon sa buhay ko.."

Hindi ko napigilan ang sarili kong yumakap sa kanya. Sa oras na yun ay nakatagilid sya sakin kaya naman mula sa tagiliran ang pagkakayakap ko sa kanya. Inihiga ko ang ulo nya sa kanang balikat ko.

"I-I'm sorry.." naiusal ko habang nanginginig ang boses at nangingilid na rin ang luha.

Yumuko sya sa kamay nya at saka pinunasan ng pinunasan yung mga luha nya.

"H-Hindi ko kayang ipakita y-yung nararamdaman ko gaya ng g-ginagawa mo pero.. h-hindi kita sasaktan dahil lang nasasaktan ako---"

"I'm sorry... I'm sorry---I'm sorry.." sunod sunod na sabi ko.

"N-Nung birthday mo.. l-lahat ng bagay na pwede kong gawin para b-bumalik ka sakin, pilit kong ginawa pero.. l-lalo mo namang inalalayo ang sarili mo sakin.. H-Hindi rin naman ganon kadali sakin na l-lunukin yung pride ko at kapalan ang mukha ko p-para magpakita pa don matapos mong makipagbreak sakin.. N-Non ko lang rin g-ginawang kumanta sa harap ng maraming t-tao para sa m-mahal ko.. A-Alam mo naman kung a-anong ginawa sakin ni Randall noon pero m-mas pinili mo pa ring ulitin---"

"H-Hindi ko sinasadya.."

"P-Pero alam mo k-kung anong nakaraan ko.. s-sana i-iniwasan mo yun kasi.. h-hindi n-nakakatuwa.." umalis sya sa pagkakayakap sakin at tumitig sa mismong mga mata kong pareho na ring luhaan. Ngumuso pa sya sakin na parang bata. **"Dinoble mo yung s-sakit na naramdaman ko noon.."**

"Taguro.."

"Hinalikan mo pa si Kim sa harap ko---"

"S-Sya ang humalik sakin!"

"Nagpahalik ka naman.. Tss.."

Hindi na ako nakasagot!

"E kung sayo ko gawin yun??" mabigat ang loob na tanong nya kaya naman kinabahan ako ng todo.

"B-Babe.."

"G-Gawin mo na lahat.. p-pero w-wag yun ganon.. G-Ganito ang personality ko pero p-pagdating sayo.. m-mahina ako.. N-Nanghihina ako.."

"Taguro.." usal ko at muling yumakap sa kanya. **"A-Anong gagawin ko para mawala yun sakit na naramdaman mo??"**

"Wala.."

Kusa akong umalis sa pagkakayakap sa kanya at tumingin ng deretso sa mga mata nya at pilit nilabanan ang mga titig nya.

"Kasi nangyari na at naramdaman ko na.. h-hindi ko na yun maiaalis sa isip ko dahil narasanan ko na.. Wala kang gagawin pero.. wag mo na ring uulitin.."

"B-Babe.."

"Dahil kapag inulit mo pa yun.. wala ka na ring babalikan.."

Parang huminto ang puso ko..

Parang tumahimik ang paligid na ultimong ang malakas na buhos ng ulan ay di ko na marinig!

Animong nahihilo ako sa lalim at diin ng pagkakatitig nya at hindi ko maibuka ang bibig ko!

"Uulitin ko sayo.. ako yung tipo ng tao'ng kayang magtiis kung kinakailangan.. K-Kahit pa mahal kita.. titiisin kita, h-huminto lang yung sakit na nararamdaman ko---"

"W-Wag mo kong iiwan.." mahinang usal ko. **"P-Please.. w-wag mo kong iiwan.."**

Hindi sya sumagot at pinanood ko naman syang marahang punasan ang mga luha sa pisngi nya.

Tumingala pa sya sa kisame na animong pinababalik ang mga luha nya.

"B-Babe.." sambit ko pa.

"Mahal kita e.. pano kita iiwan??" nakatingalang tanong nya at parang hinaplos naman ang puso ko kaya naman hinawakan ko ang pisngi nya.

At dahan dahang iniharap sakin..

"I love you, Maxpein.." marahang usal ko at ngumiti naman sya.

Dahan dahan kong inilapit ang mukha ko sa mukha nya at mariing hinalikan sya.

5

4

3

2

1

Nung bitiwan ko ang labi nya ay nanatiling magkadikit ang mga noo naman at ramdam ang hininga ng isa't isa.

"Mahal na mahal kita, Taguro.."

"Ilang beses mong sinabi kay Kim yan?? Tss.."

"H-Hindi ko s-sinabi kay Kim yun---"

"Sinungaleng!"

"B-Babe.. h-hindi ko nga s-sinabi sa kanya yun.."

"Kahit noon?!" inis na tanong nya pa at napaisip naman ako.

"H-Hindi ko m-matandaan.."

"Tss.. Kita mo na!"

"B-Babe.." paglalambing ko pa. **"Nagseselos ka na ba??"** napapangiti'ng tanong ko pa.

"Nakita mo bang hinalikan ko si Randall sa harap mo!?"

"H-Hindi.."

"Gusto mo--gawin ko para alam mo kung anong naramdaman ko?!"

"Bigyan mo na lang ako ng kutsilyo---maglalaslas ako ngayon dito sa harap mo! Patayin mo na lang ako!"

"OA neto.. Brutal ka masyado.."

"Mas brutal ka kasi!" inis na singhal ko sa kanya!

"Kita mo na?! Banta pa lang yan---pero hindi mo na kaya! Ano pa kaya yung nakikita mo na?!"

"O-Oo na nga e.."

"Tsk tsk.. Hindi ka kasi nag-iisip.."

"S-Sorry na kasi.."

"Hinde.."

"Babe naman.."

"Sorry.. Sorry.. Kalokohan!"

"Baaabbbeee!!!!" parang bata'ng atungal ko na iginewang gewang pa ang katawan ko habang nakayakap sa kanya!

"Teka! Magkukwento pa ko!"

"Tama na! Ayoko na!"

"Hinde! Eto gusto mo di ba?! Kwentuhan?! Tara!!! Kwentuhan!!"

"A-Ayoko na! M-Matulog na tayo!"

"Hinde---"

"Tsk! Matulog na!!" sabi ko pa at saka nahiga!

"Tapos kung makasumbat ka sakin kahapon na ayaw mo sa manloloko na tulad ni Randall.. Tss.. parang wala kang kasalanan ah!?"

"E-Eh----"

"Eh-eh-eh-eh-eh-eh-eh!!! Tss!!! Wala ka namang pinagkaiba sa kanya---"

"M-Marami! Marami akong pinagkaiba sa kanya! Hindi ako tulad nya!"

"Parang ganon na rin ang ginawa mo!"

"Parang! Parang lang! Pero hindi ko sinasadya!"

"Hindi nya rin naman sinasadya yung ginawa nya sakin!"

"Tch! Edi kayo na! Parati na lang sya ang kinakampihan mo! Sya na lang ng sya!" inis na talagang sumbat ko! **"Sige na! Mali nako! Mali na lahat ng ginawa ko! Wala ng tama!"**

"Ang drama mo..."

"E yun ang pinapalabas mo kase!" inis na sabi ko!

Hindi sya sumagot..

Humahangos naman ako at nanatiling nakanguso! Ang sama sama ng loob ko pero naguiguilty parin naman ako!

Badtrip naman manumbat 'to! Nanunuot sa mga ugat ugat ko! Peste!

Bakit ba sya ganyan! Huhuhuhu!!

Sa panunumbat nya ay talagang mararamdaman mong may kasalanan ka at talagang mananaig ang pagsisisi sa puso mo!

Ganon sya manumbat!

"P-Pero.." mahinang bulong ko. **"...b-bakit sa kabila nung ginawa n-namin sayo.. G-Ganyan ka pa rin??"** tanong ko.

"Anong ganyan??"

"P-Pinapatawad mo pa rin kami.. H-Hindi mo rin p-pinapaliwanag ang side mo.. T-Tanggap ka na lang ng tanggap kung anong ginawa sayo.. S-Sinasarili mo yung p-problema mo.."

"Ewan ko.."

"Anong ewan mo?!"

"Tss.. Eh sa ganito ako e.."

"Wirdo ka.."

"Yun na nga.."

"Tch.."

"Dyan ka matutulog??" biglang tanong nya.

"Oo! Ayaw mo?!"

"B-Baka lamukin ka dyan.."

"May kumot ako.."

"S-Sige.. Goodnight.."

"Anong goodnight!? Dito ka!" sabi ko at saka hinila sya at pilit pinahiga!

Ramdam ko ang gulat nya nung tuluyan syang makahiga sa tabi ko. kinumutan ko sya at saka niyakap ng todo.

"Ang lamig.." bulong ko pa sa kanya.

"D-Don na tayo sa kama---"

"Dito na.. Para bukas, lahat sila makita! Hahahaha! Maiinggit sila dahil sobrang sweet ko---"

"Manahimik ka.."

"Dito na tayo para solo'ng solo kita.." sabi ko pa at saka lalong yumakap sa kanya. **"I love you, Babe.."**

"I love you---"

"Kiss mo ko..."

"Tss.. kakikiss mo lang e!"

"Gusto ko yung ikaw naman ang kusa!"

"Ang daldal mo!"

"Edi patahimikin mo yung bibig ko.."

Tumingin sya sakin at nginisian ko naman sya ng todo!

Heheheheheehe!

"Wag ka ng magyoyosi ah?? Mapapadalas na ang paghalik ko sayo.."

"A-Anak ng----"

At hinalikan ko na naman sya ng napakadiin!

Sarap!

Maya maya pa'y..

♥ K ♥ I ♥ N ♥ A ♥ B ♥ U ♥ K ♥ A ♥ S ♥ A ♥ N ♥

Friday.

KEV'S POV

"Bakit hindi mo sinabi saking hindi ka na pala napasok, Kev??" si Nanay.

Nakayuko lang ako sa harap nya at hindi malaman kung anong isasagot sa kanya. May bagyo ngyaon at narinig kong suspendido ang mga klase kaya naman may dahilan ako kay Nanay kung bakit ako nandito sa bahay ngayon. Pero hindi ko inaasahang ngayong magsasabay kami sa agahan ay alam nya na.

Ilang araw rin ang nakalipas bago pa man nya malaman ngayon na hindi na talaga ako pumapasok..

Sa loob ng mga araw na yun ay pasok ako ng pasok at dumederetso sa tambayan namin nina Mallyu at Yago sa Luma.

"Kev!?" tawag pa sakin ni Nanay kaya naman naiangat ko ang paningin ko sa kanya.

"N-Nay.." nasambit ko na lang.

"Kailan ka pa nagsimulang hindi pumasok?!" pigil ang galit na tanong nya.

"E-Eh kasi, N-Nay.."

"Dumaan ako sa paaralan nyo para hatiran ka ng pagkain nung nakaraan.. at doon ko nalaman ang totoo.. Napakabilis naman yata'ng magbago ng ugali mo, Kev??"

Hindi ako nakasagot!

Muli akong napatungo at hindi ko na naman malaman kung anong sasabihin ko!

Muling pumasok sa isip ko ang dahilan kung bakit ako nagkakaganito!

Dahil yan sa tarantadong Maxpein na yan!

At naramdaman ko na naman ang galit na nararamdaman ko para sa kanya!

Galit na naging dahilan kung bakit kung anu-anong naiimagine ko'ng ginagawa kong masasama sa kanya! Bagay na hindi ko man lang magawang isipin noon!

Gusto ko syang patayin!

Sobrang galit ang nararamdaman ko para sa kanya!

Pano mo nagawang pasukin ang buhay ko? Ganyan ba talaga kayong mayayaman?! Tsh!

Gulat akong malamang bukod sa pagiging tunay na Moon nya.. ay SILA rin pala ang nagmamay-ari ng Luna! Ni hindi ko man lang naisip na ganon pala kayaman ang binangga ko! Pero hindi ako nagpatinag!

Pero sa twing maaalala ko kung paano nya..

SINIPA..

TINADYAKAN..
HINAMPAS..
SINUNTOK..
TINULAK..
SINIKO..
DINAMBA..

Yung mga tauhan nila Mallyu at Yago, hindi ko mapigilang mag-isip..

Anong klaseng babae yon??

Dagdag isipin rin para sakin yung bagay na hindi nya hinayaang saktan ako nung kasama nya na ayon kila Mallyu ay *EX-BOYFRIEND* nya..

'Bakit nga ba ayaw nyang masaktan ako?! Tsh!'

"Kev?!"

Gulat akong napalingon kay Nanay!

"N-Nay.."

"Ano?! Tutungo ka na lang ba dyan?! Hindi ka man lang magpapaliwanag!? Ilang beses na kitang tinatanong ah?! Bakit nagkaganoon ang pag-aaral mo?! Kailan ka pa nagsimulang huminto sa pagpasok?!"

"N-Nay.."

"Nay! Nay! Puro ka Nay! Wala ka man lang isinasagot sa tanong ko!" pigil ang galit pang sigaw nya kaya napailing naman ako.

"N-Napaaway k-kasi ako, N-Nay.." napapahiyang sagot ko!

"Napaaway?!" hindi makapaniwalang tanong nya at napatango na lang ako!

"N-Nakicked-out ako, N-Nay.."

"Jusko.." naisambit nyang pabulong. **"Napaaway ka tapos ay sinipa ka na ng paaralan---ano ba namang klase'ng dahilan yan?! Bakit ka pumayag?! Hindi ba muna nila ako ipapatawag bago nila gawin yan?!"**

Lalo akong kinabahan! Hindi ko pwedeng ibigay sa kanya ang lahat ng detalye ng tunay kong malalaman!

Pano ko sasabihin sa kanya lahat?! Pano ko ipapaliwanag?!

Pakiramdam ko ay nanakit ang ulo kaiisip!

Kapag sinabi ko sa kanyang ang Maxpein na binangga ko ay yung tao'ng nagpakicked-out sakin.. at yung tao'ng nagpadala ng mga groceries dito ay iisa.. Maguguluhan sya! Pano ko ipapaliwanag ngayon 'to!?

Pwede nyang isiping ako na lang ng ako ang mali! Iisipin nyang si Maxpein pa rin ang mabait saming dalawa dahil sa kabila ng ginawa ko sa

kanya ay binigyan nya kami ng groceries!

Ano ring sasabihin ko kapag tinanong nya kung bakit ko ginanon ang babae'ng yun?! Hindi ko pwedeng idahilan na dahil lang sa kagustuhan kong maiganti sya sa mga Moon na yun!

Lito'ng lito ako at hindi ko malaman ang sasabihin ko!

Anong sasabihin ko! Pano ako magpapaliwanag nito!

"Ano ba, Kev?!!" sigaw na naman nya at sa oras na 'to ay may bahid na ng galit ang tono nya!

Hindi ko sya sinagot!

Dali dali akong tumayo at tumakbo papalayo!

"K-Keeev!!! Keeeeev!!!" dinig kong habol pa sakin ni Nanay pero hindi ko na sya nilingon!

Mabilis kong kinuha ang bike ko at saka pinaandar yun!

Kasalanan mong lahat 'to Maxpein Moon! Kasalanan mong lahat 'to!

Gigil na gigil na nagpedal ako sa daan papunta sa Luna!

Nakakasiguro akong nandoon sila Mallyu at Yago! Dahil tulad ko.. mga nagtatago rin sila sa pamilya nila at hindi masabing kicked out na sila!

Gulong gulo ang isip at puno ng galit ang dibdib kong tinahak ang daan papunta sa Luma!

At pagdating doon ay hindi nga ako nagkamali!

Nandoon ang lahat ng mga bata!

"Oh?? Hahahahaha! Suspended ang klase, bakit nandito ka??" si Yago.

"At nakapambahay pa.. Tibay.." si Mallyu.

Nakipagkamay naman ako sa kanila at saka naupo sa harap nila.

"Bistado nako.." nakayukong sagot ko at ramdam ko naman ang pagkagulat nila.

"A-Ano?!" gulat nilang tanong kaya naman dahan dahan kong tiningala sila.

Napailing pa ako dahil sa sobrang inis na nararamdaman ko!

"At hindi ko alam kung pano ako magpapaliwanag sa Nanay ko! Galit na galit sya!" dagdag ko.

"Ang bilis mo namang nagpahuli!?" si Yago.

"Tsh! Hindi ko nga rin inaasahan e.. A-Akala ko makakalusot ako lalo na ngayo't suspendido ang klase.. Yun pala, nung nakaraan nya pa pala alam!"

"Anak ng... Pinuntahan ka sa school?!" si Mallyu, tumango naman ako. **"T*nginang yan---baka ako na sunod na mabisto ah! Tsk! Hindi ko pwedeng sabihin sa bahay ang lagay ko ngayon dahil may problema rin sa bahay!"**

"Lalo na ako! Yari na naman ako sa erpats ko!" si Yago.

Lalo akong nakaramdam ng inis!

Galit!

Poot!

Gusto kong makita ang Maxpein na yun ngayon at durugin sa mga kamay ko!

"Tirahin na natin yung babae'ng yun.." wala sa sariling bulong ko at natigilan naman sila! Dahan dahan akong tumingin sa kanila at bakas ang pagkagulat sa mga mata nila! **"Kasalanan nya lahat 'to---"**

"Wag kang magpadalos dalos ng plano, bata.. Baka sumablay ka.." nakangising tugon ni Mallyu kaya naman inis na napailing ako!

"Gusto ko syang burahin sa mundo!" sigaw ko!

"Pero sa sitwasyon mo.. *'sya'* pa ang may kayang bumura sayo sa mundo.." nakakalokong sagot pa ni Yago at taka naman akong nilingon sya. **"Ilang beses ko bang ipapaliwanag sayo'ng hindi basta basta'ng babae ang binangga mo?? Natin.. Hahahahahahaha! Mayabang yun kasi may ibubuga!"**

"Tama si Yago, Kev.. Hindi ka pwedeng kumilos basta basta.. Si Maxpein yung tipo ng babae'ng kapag binigyan mo ng baril na may iisang bala, sampu kayong tatapusin nya.." ngingisi ngising sabat ni Mallyu at lalo akong natigilan sa sinabi nya. **"FPJ ba.. Hahahahahaha! Sya rin yung tipo'ng kayang suntukin ng sabay sabay ang lima'ng tao'ng susugod sa kanya at lahat sabay sabay ri'ng tutumba.."** nakangisi pa ring dagdag nya at di ko maipaliwanag ang kaba'ng bigla kong naramdaman. **"Kaya.. wag kang magpadalos dalos.. Baka bumulagta ka bigla, bata.."**

"A-Anong gagawin ko?! G-Gusto kong makaganti sa kanya!" inis na sagot ko!

"Sino ba'ng hindi??" nakangising tanong pa ni Yago. **"Pero sa ngayon.. kailangan nating magplano ng maayos.. maganda.. at sigurado.. Yung isang suguran pero paniguradong tumba sya.."**

"A-Anong ibig mon sabihin??" tanong ko.

"Sa dami ng katarantaduhang ginawa ko---ngayon lang ako nagsisi ng ganito at hindi ko maitatanggi'ng dahil yun sa gago'ng Maxpein na yun! Pero.. alam kong may kahinaan rin naman sya.. Mga kaibigan nya.. at lalo na ang tao'ng mahal na mahal nya.." nakangising dagdag ni Yago at lalo naman akong natigilan!

"Si E-Enrile??" tanong ko at tumango agad sya.

"Mismo!" turo pa sakin ni Yago!

"Magandang plano yan.."

Sabay sabay kaming napalingon sa pintuan!

SI CHOCO!

"B-Boss.." sabay sabay kaming tumayo para batiin si Choco. Sa ganoong paraan lang namin sya ginagalang.

"Malaki ang ibabayad ko sa inyo kapag nakita ko sa harap kong naghihingalo ang animal na yon.." dagdag pa ni Choco at saka naupo sa tabi ko at nagsindi ng sigarilyo. **"Hindi'ng hindi ko makakalimutan kung panong pinahiya nya ako at ang mga magulang ko sa harap ng pamilya nya at kahit ipadakip pa nila ako'y hinding hindi ako titigil katatawa sa harap nila habang nakikita ko silang lumuluha sa harap ng katawan ng tarantaduhing babae'ng yon!"**

Parang hindi ko kinakaya ang mga naririnig ko!

Ang bilis bilis ng tibok ng puso ko munit ramdam ko pa rin ang pangingibabaw ng galit ko!

"HIndi tayo pwedeng magkaganito habang masaya'ng masaya syang pumapasok sa paaralan.. sya at ang mga kaibigan nya.." dagdag pa ni Choco. **"Mallyu.."**

"Boss.." si Mallyu. Gulat akong nakinig sa usapan nina Mallyu at Choco!

"Anong plano mo??"

"Kung anong gusto mo.. Yun ang gagawin ko.."

"Kapag sinabi kong tapusin mo??"

"Edi tapusin.. Hahahaha!!!!"

"Hahahahahaha!!!!"

****TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!****

Parang mga DEMONYO ang narinig kong nagsisipagtawanan sa harap ko!

Parang umikot ang paningin at nagpaulit-ulit ang mga tawa'ng yun sa tenga ko!

"At ikaw Kev.."

"H-Ha??" gulat kong baling kay Choco.

"Ikaw ang gusto kong *'sumaksak'* sa kanya.."

...sumaksak sa kanya..

...sumaksak sa kanya.'

"H-Ha??" gulat pa ring tanong ko.

"Oh e bakit parang natatakot ka?! Kanina lang ay dinig na dinig ko ang mga magagandang sinasabi mo pero ngayon.." tinignan nya pa ang kabuuan ko. **"..parang ikaw pa ang natatakot mabura sa mundo.. Hahahahahahaha!"**

"H-Hindi.." tanggi ko.

"Kung ganon.. Maaasahan ba kita??" tanong pa ni Choco at wala sa sariling napatango ako!

Siraulo ka na talaga, Kev!!

"Yaaaan!!! Yan ang gusto ko sayo! Masunurin ka.." papuri pa sakin ni Choco at saka tinapik tapik ang balikat ko!

"Pagplanuhan natin yan.." sabi pa ni Mallyu.

At nagtuloy tuloy sila sa pag-uusap habang puro pagkalito at kaba naman ang naramdaman ko! Hindi ko maipaliwanag ang kaba'ng nararamdaman ko at kung anu-anong tanong ang pumapasok sa isip ko!

MAX'S POV

Iniunat ko ang mga kamay ko at nung maalala kong katabi ko si Sensui..

Napabalikwas ako sa pagkakahiga at tumingin sa tabi ko pero..

Wala na sya..

Luminga linga ako sa paligid at..

"A-Anong ginagawa mo dyan?!" gulat na tanong ko nung makita kong nasa single sofa sya at nakapangulambaba at nakagiti'ng nakatingin sakin na animong pinapanood ako.

"Hinihintay kong magising ka.." nakangiti pang sabi nya at saka tumayo at lumapit sakin. **"Good morning, Babe.. I love you.."** bulong nya pa sa mukha ko at saka umastang hahalikan ako!!!

"Uhmp!!!" usal ko!

Tinakpan ko ng madii'ng madiin ng dalawang kamay ko ang bibig ko!!!!

Natawa naman sya sa iniasta ko at mas nagulat ako nung marahan nyang alisin ang mga kamay ko!

"I love you.." bulong nya pa at saka hinalikan ang labi ko!

Waaaaa!!!!

Kusa akong umalis sa pagkakahalik nya at gulat naman syang tumingin sakin!

"S-Sabi ko naman sayo.. m-mas dadalas na ang paghalik ko sayo! Ilang beses na kitang hinahalikan---ngayon ka pa ba naman mahihiya sakin!?" nakanguso'ng tanong nya pero hindi ko na sya pinansin!

Dali dali akong tumayo at pumasok ng kwarto!

~BLAAAAAAGG!!!!~

Pabagsak kong isinara yun at saka ako sumandal doon!

Habol habol ang hiningang napahawak ako sa dibdib ko at ang isang kamay ko'y naitakip ko sa bibig ko!

Nakakahiya!!

Bakit ba sya ganyan!!! Tsk!

Ilang segundo pa akong nanatili doon at nung mahulasan ay mabilis kong kinuha ang mga gamit ko at naligo!

"Ang aga namang gumising ng lintek na yun!?" bulong ko pa habang nagshashower. **"N-Nasan nga ba yung iba naming kasama?!"** takang tanong ko pa sa sarili!

Wala akong nakita maski isa sa kanila!

Kaya naman napapaisip pa rin ako hanggang sa matapos akong maligo at makapagbihis!

Gulat na naman akong makita si Sensui sa labas ng banyo at nandon rin sa loob ng kwarto!

"Kiss kooooo!!!!" sigaw nya pa at inilahad ang magkabilang kamay nya sakin na animong sinasalubong ako ng yakap!

"A-Ano?!" inis na tanong ko! **"Kiss mo mukha mo!"**

"Kung pwede lang e.." bulong nya at saka tumayo at kusang lumapit sakin**! "Ang ganda ganda ng mapapang-asawa kooooooo----!!!!"**

"A-Ano?! Manahimik ka nga! Kung anu-anong iniisip mo!"

"Hahahaha! Bakit??? Kapag niyaya ba kitang magpakasal---tatanggi ka pa?!"

"L-Leche!"

"Hahahhaha! Sumusungit ka na ngayon ah?! Nagiging babae'ng babae ka na??" mapang-asar pang tanong nya! **"Tsk tsk tsk.. Sa sobrang gwapo't sweetness ko---pati tibo napapatuwid ko?! Hahhaha---"**

"Ang kapal ng mukha mo! Hindi ako tibo!"

Napaigtad pa ako nung yumakap sya mula sa likod ko at pinaghawak pa ang dalawang kamay namin at saka iniyakap yun sakin!

"Nasa baba na sila at nagbebreakfast.. Pinauna ko na sila dahil mas gusto kong magutom habang tinititigan ka---"

"Ang korni mo.."

"Korni?! Korni?!" inis na tanong nya! "**Yung sweetness ko---korni sayo?!"**

"Tss.."

"Napakasweet mo, Taguro!!! Sa sobrang sweet mo---ultimo'ng langgam magkakasakit sayo!"

"U-Umalis ka nga kasi dyan!" sabi ko pa at saka lumayo sa pagkakayakap nya at saka naupo sa kama at tinuyo ang buhok ko.

"Ako magsusuklay sayo, Babe.."

"B-Bading ka.." bulong ko pa.

"Tignan mo na! Nagpapahalik ka na naman!" mapang-asar na sigaw nya at nginiwian ko naman sya! Lumapit sya sakin at sumampa sa kama at saka pumunta na naman sa likuran ko at kinuha ang towel ko at sya ang marahang nagpunas ng buhok ko

Buraot! Buraot! Buraot!!!

Hindi ko maintindihan ang kaba at pagkailang na nararamdaman ko!

Sa tagal namin ni Randall ay hindi man lang sya kumilos ng ganito sa harap ko!

Pero hindi ko kailangang magkumpara.

Hindi ko naman sila pinagkukumpara.. Hindi lang talaga ako sanay..

"Ayan.. Okay na!" sabi nya pa matapos suklayin ang buhok ko! **"Tara na sa baba! Kailangan mong magpalakas para hindi ka sakitin kapag mag-asawa na tayo---"**

"Tigilan mo nga yang kagaganyan mo!" inis na pigil ko sa kanya at ngumuso naman sya!

"Dinudurog mo ang puso ko!"

"Hindi na ko natutuwa sayo.." inis kunwaring tugon ko.

"Pinapatay mo ang puso ko, Taguro!"

"Leche---kainin mo lahat yang puso mo!!!!" inis na sigaw ko sa kanya at saka binato sya ng twalya at nagpaumunang lumabas ng kwarto!

Baliw!

"Babe! " sigaw nya pa at saka ko naramdaman ang pagsunod nya!

Hindi ko sya hinintay at nagtuloy tuloy lang ako sa paglabas hanggang sa marating ko ang elevator!

Kitang kita ko naman sa gilid ng mga mata ko bago pa man bumukas ang elevator! Nakanguso syang tumakbo papalapit sakin at palihim naman akong tinawanan sya at saka nagpaumuna'ng pumasok sa elevator! Dali dali naman syang pumasok pero hindi nya na nagawang tumabi pa sakin dahil sumiksik ako sa dulo kung saan dalawang nagseseksiha'ng babae ang katabi ko.

"Oh... It's him."

"Oh my God.."

"Yiiieeee sya yung cute guy kagabi sa rooftop!"

Tinignan ko sa reflection namin ang dalawang babae'ng katabi ko at kita'ng kita kong kay Sensui sila nakatingin!!!!

"I introduced myself to him but he told me that he's taken.."

"Tsk.. tsk.. tsk.. Oh girl.. she must be very lucky!"

"I know right..??"

Inis akong napatingin sa likuran ni Sensui na hindi magawang lumingon dahil panay babae kaming nasa likuran nya! Mukhang bata'ng tumingala na lang sya sa numero'ng nagfaflash sa minis screen na yun ng elevator.

"Ground Floor.." sabi pa nung elevator girl at saka nagsimulang lumabas yung mga nasa unahan.

Gulat pa akong napatingin kay Sensui nung lingunin nya ako at ilahad ang kamay nya sakin!

"Oh my God.." bulong pa nung isang babae'ng katabi ko.

"She's the girlfriend???" bulong naman nung isa pa.

"Yes!" pigil ni Sensui sa kanila at mas gulat naman akong napatingin sa kanya! **"And soon to be my wife.."** dagdag nya pa at saka kinuha ang kamay ko't hinila ako papalabas. **"Ano bang nangyayari sayo't nakikinig ka pa sa usapan nila?! Tch! Akala ko ba---hindi ka interesado sa buhay ng iba'ng tao??"** natatawa pang tanong nya at ngumuso na lang ako.

"Tss.. buhay ko ang pinag-iinteresan nila kaya may pakelam ako.."

"Huh??"

Slow..

Nung makarating kami sa Resto ay halos tapos na silang magsikain.

"Oh.. buti dumating na kayo, parating na rin ang school bus.." si Coach. Gulat naman kaming napatingin sa kanya.

"Ang aga naman? Akala ko tanghali pa??" tugon ko.

"E baka daw kasi umulan na naman mamaya, kaya maigi ng lumakad habang tila pa.."

At nagsimula kaming kumain ni Sensui. Wala pa rin silang kibuan ni Randall samantalang kaming dalawa naman ay okay na okay na. Sila sila na lang ang nagkukwentuhan at nakikinig naman kami ni Sensui sa kanila.

At tulad nga ng sinabi ni Coach ay dumating ang school bus namin makalipas ang isang oras. Kaya naman sabay sabay kaming bumaba pero nagpaalaman kami pagdating sa Parking Lot.

"Sigurado ba kayo'ng kaya nyo ng dalawa??" tanong pa ni Coach.

"Oo naman yes, Coach! Wala ka bang tiwala sakin?! At saka isa pa.. nasa unahan nyo lang naman kami.." sabat ni Sensui at tinapik naman sya ni Coach. **"Mag-iingat kami, Coach.."**

"O sya, sige sige.. Mag-ingat kayo.. Pag nagkaproblema, itawag nyo agad sakin.." sabi pa ni Coach at tumango naman kami bilang tugon. Kumaway pa sya samin bago tuluyang sumakay ng Bus.

"Let's go??" tanong na yaya pa sakin ni Sensui at ngumiti naman ako sa kanya. Pinagbuksan nya ako ng pinto at saka kami nagpaumunang bumyahe. **"Don ka muna sa bahay??"** nakangising yaya nya pa.

"Hindi na.." sagot ko at agad na ngumuso naman sya. Sumandal ako sa pinto nung passenger's seat at saka humarap at tumitig sa kanya. **"Mamayang gabi ay may trabaho ako, e pagdating ko maglalaba pa ako ng mga damit ko.. Kaya kailangan kong maraming pahinga para malakas ako pagpasok.."**

"Edi ako na lang ang pupunta sa inyo.. Tutulungan kita.. Hehehehe!"

"Baka hinahanap ka na sa inyo.."

"Tsk! Ayaw mo lang talaga akong kasama!"

"Hanep.. Ang tagal na nating magkasama! Nagkatabi na tayo'ng matulog! Nakailang kiss ka na kanina---"

"Oo na! Oo na! Nanunumbat ka na rin ngayon ah!" singhal nya at natawa naman ako.

"Magkikita naman tayo sa Monday e.."

"Yun e kung matitiis kong hindi ka makita sa loob ng dalawang araw! Friday pa lang ngayon Taguro! Suicide yun!"

"Hahaha.."

Masaya naming tinahak ang daan pauwi.

At ilang oras lang ay narating na namin ang BIS.. Muling nagkaron ng paalaman sa pagitan namin nila Randall, Sam, Coach, Miss Reycie at ibang

personnel pa bago pa namin tinahak ni Sensui ang daan pauwi sa bahay namin. At ilang minuto lang mula sa BIS ay narating rin namin yun.

"Thank you.." nakangiting usal ko.

"Hindi mo man lang ba ako papapasukin?!"

"Magtatagal ka pa e.. Umuwi ka na, dahil baka nag-aalala na sila sayo."

"Tch! Oo, sige na! Sige na!"

"Mag-iingat ka pauwi, tawagan mo agad ako pagkarating mo.."

"Sure, Babe.." tugon nya at saka ako mabilis na lumapit sa kanya at humalik!

"I love you, ingat.." sabi ko at saka ginulo ang buhok nya at lumabas!

Bakas pa rin ang gulat sa mukha nya nung sulyapan nya ako. Agad naman akong kumaway at pinanood syang makaalis. Nung wala na sya ay saka ako pumasok sa bahay at agad naman akong nakita ni Yaz.

"Maaax!!"

At umugong ang ingay ni Naih! Nakangiting nilingon ko sya at sinalubong nya naman agad ako ng yakap!

"Namiss kitaaa!!!" sigaw nya pa! Nakangiting tinanguan ko naman muna si Yaz bago bumaling kay Naih. **"Oh?! Pasalubong?!"** tanong nya pa at saka ko inilabas ang certificate ko.

"Wow!" si Yaz.

"Waaaaa!! Congrats!!" sigaw nya pa at saka nagtatalon! **" May iskolarsiyep ka na!"**

"Namiss ko kayo.." nakangiting sabi ko pa.

"Aaaaaahhh.." natatouch pa kunwaring sabi ni Naih at saka yumakap sakn. **"Ang sweet sweet mo talaga! Kung anong itsura mo nung umalis ay syang itsura mo'ng bumalik.. Wala ka man lang bitbit na magpapatunay na meron kang pasalubong?!"**

Hindi na ako sinagot.

"Okay Zarnaih, talk to the hand!" sabi nya pa na inaharap ang kamay nya sa kanya. **"Masarap bang kausap ang Maxpein??"** tanong nya sa kamay nya. **"Lagyan ng tsiyek kung oo at ekis kung hinde!!!"**

"Baliw ka.." bulong ko sa kanya.

"Hmp!"

At nagpakwento na agad sya sakin.

DEIB'S POV

Nung dumating ako sa bahay ay nagdidilig si Mommy sa garden kaya naman halos mapatalon sya nung makita ako!

"Baaaaabbbyy!!!"

"Hi, Mom!"

"Yiiiieeee!! Baby!!!!!" salubong nya sakin kaya naman sinalubong ko sya ng may ngiti at saka humalik sa pisngi nya!

"Good morning, Mom!"

"How was your trip?!"

"Hahahahahahaha!!!"

"O-Omo!!! Omo! Omo! Omo! Hihihihi! Bati na kayo ni Maxi??" excited na tanong nya at nakangiting tumango naman ako!

"And guess what, Mom??"

"O-Omo! W-What?!"

"Tabi kaming natulog!!!!" tuwang tuwang kwento ko!

Pero dahan dahang nawala ang mga ngiti sa mukha nya at biglang sumeryoso na may halong pagkagitla!

Hindi ba't mas dapat syang matuwa don!?

"B-Baby naman??" naiusal ni Mom.

"W-Why, Mom??" nakangusong tanong ko! Nagsisimula tuloy akong kabahan sa sobrang kaseryosohan nya! **"W-Wala naman akong g-ginawa sa kanya---tinabihan ko lang syang matulog at niyakap magdamag!"**

"Yiiiiiee! Ang sweeet sweet ng baby ko!!!"

Nginusuan ko lang sya at hindi na ako sumagot pa!

"Tch! Aakyat na muna ako, Mom.. Matutulog na muna ako dahil ang aga kong nagising kanina.. Napagod rin ako sa byahe.."

"O sige sige, gigisingin kita mamaya ha?? Dadating kasi ang Lolo mo at si Chairman, dito sila maglalunch.."

"Yes, Mom.. I love you, Mom!"

"I love you, baby!!! Sleep well.."

Agad kong inayos ang sarili ko at maya maya lang ay nahiga na ako sa kama at kinuha ang cellphone ko. Nakangiti pang idinial ko ang number ni Taguro.

"Oh?" sagot nya.

Napapikit na lang ako munit hindi na inisip ang inis ko.

"Hi, Babe!" malakas na bati ko!

"Oh??"

"Tsk ayan na naman yang *'oh'* na yan e!"

"Naglalaba kase ko!"

"Kaya ang tigas tigas ng kamay mo e!"

"Tss.. Anong kinalaman nun sa paglalaba ko!?"

"Dahil masyado kang masipag!"

"At kelan pa nakasama ang pagiging masipag!?"

"W-Wala.." napapahiyang sagot ko. **"Ang tali-talino mo talaga, Taguro!!!!"**

"Tss.. Nakauwi ka na?"

"Mmm.. kanina pa.."

"O sige, ibaba mo na.."

"H-Ha?!"

"Naglalaba nga kasi ako.."

"Tsk! O sige na! Ayaw mo man lang akong kausapin!"

"Woi! Magdamag na kitang kasama! Masyado ka namang maluho sa pagmamahal ko!?"

"W-Wow!" namamangha pa kunwaring sigaw ko! **"U-Umaarte ka na ng ganyan ngayon!?"**

"Hahahaa! Sweet na sakin yan!"

"Tch!"

"O sige na ha?? Maglalaba pa ako, may pasok pa kasi kami mamaya.."

"Sige.. Tatawagan kita ulit ha??"

"Mmm.. Bye.." sabi pa nya at saka kusang ibinaba ang linya. Napabuntong-hininga ako pero napangiti rin naman. Maya maya pa ay inihiga ko na ng tuluyan at natulog.

Kinatanghalian.

Kumakain kami ng Lunch sa bahay nung dumating sila Chairman at Lolo. Sinalubong naman sila ni Mommy at saka niyayang sumabay samin. Nagbigay bati pa muna kami sa kanilang dalawa bago nagtuloy sa pagkain.

"Wala ka ring pasok, Dein Leigh?" tanong ni Lolo kay Noona.

"Sa Calamba pa ang Duty ko at sinabi kong h-hindi maganda ang pakiramdam ko kaya naman nakiusap na lang ako sa kaibigan kong s-sya na muna ang pumalit sakin.." sagot ni Noona.

"Bakit naman hindi maganda ang pakiramdam mo??" tanong ni Chairman sa kanya na nagsimula na ring sumubo ng pagkain.

"S-Siguro po ay d-dahil sa pagbabago ng klima, Chairman.. H-Hindi nakisama ang katawan ko.." nakangiwing sagot pa ni Noona.

"Uminom ka ng gamot.." utos pa sa kanya ni Chairman na tinanguan lang ni Noona. **"Mabuti naman at walang pasok, mukhang marami rami ang oras mo'ng makapag-aral ngayon, Deib Lohr.."**

Muntik pa akong masamid sa biglang baling na yun sakin ni Chairman! Nilingon ko naman sya at saka sinuklian ng plit na ngiti.

"A-Ahh hehehehe.. Oo nga po.." sagot ko.

"Mag-aral kang mabuti dahil sa susunod na taon ay magko-Kolehiyo ka na.."

"Opo, Chairman.."

~RIIINGGG!!~

Nakahinga ako ng maluwang nung sa gitna ng tensyon sakin ng usapan namin ni Chairman ay nagring ng malakas ang cellphone ni Lolo..

"President Moon is calling.. Excuse me.." sabi pa ni Lolo.

"Go ahead.." sabi pa ni Chairman na umubo pa ng bahagya bago nagtuloy sa pagkain.

"Yes, President Moon??" sagot ni Lolo. Palihim naman akong sinulyapan pa sya. **"Ahh yes.. yes.. Yes, of course.. Ahh, is that so?? Mmm.. That's a good idea.. Oh yes, yes.. Yes.. Oh.. Okay.. We will be there.. Yes.. Thank you.. See you, later.."**

Hindi ko napigilan ang sarili kong tumitig kay Lolo hanggang sa tuluyan nyang ibaba ang telepono.

Nilingon rin sya ng iba pa.

"Mmm.. That's President Moon, she's inviting us over.." sabi pa ni Lolo.

"Inviting us? Where?" tanong pa ni Chairman.

"Nanalo kasi ang unica iha ng mga Moon, si Miss Pein.." sabi pa ni Lolo na palihim na sumulyap sakin kaya napangiti naman rin akong palihim.

"Nanalo? Saan?" tanong ni Chairman.

"Nabanggit ko sa inyo'ng.. Napasali ang BIS at SIS sa Regionals Sportfest nitong nakaraang araw lamang na ginanap sa Manila.. Isa sa mga nanalo ang Laguna.. kaya naman gusto raw ng Chairman ng mga Moon na bigyan ng maliit na selebrasyon ang unica iha nila.. Nakatanggap kasi siya ng Scholarship.." nakangiting kwento pa ni Lolo at nakangiti rin akong nakinig sa kanya.

"Hmm.. that is good.." nakangiting sabi pa ni Chairman at mas napangiti naman ako. **"Scholarship ng?"**

"College.. Dinig kong ang kinagandahan ng Scholarship na yun ay pwede syang mamili ng School na papasukan nya.."

"Munit batid kong Medisina ang nais niyang kunin sa Kolehiyo? Kinakailangan niyang magtapos ng Pre-Med bago makatungtong sa kurso ng Medisina.." nakangiting tugon pa ni Chairman at saka nagtuloy sa pagsubo.

"Maaaring ganon nga.. munit maige nang iskolar sya sa Pre-Med nya, o di kaya nama'y maaari'ng sa Medisina na lamang nya gamitin ang iskolarsyip na natanggap nya.." si Lolo.

"Mmm.. Ganoon na nga lang siguro.." si Chairman. **"Saan naman daw gaganapin?"**

"Sa Mansion ng mga Moon.."

"Mmm.."

"Yiiieeee.. ang galing galing naman ni Maxi.." nakangiting bulong pa sakin ni Mommy kaya naman impit na impit ang ngiti'ng iginanti ko sa kanya.

"Deib Lohr.."

Kabadong muli akong napalingon kay Chairman.

"Yes, C-Chairman?" sagot ko.

"Nais kong imbitahin mo si Kimeniah para maisama mo sya sa celebration ng mga Moon.."

WTF??

"P-Pero, C-Chairman.. B-Bakit po??" utal na tanong ko at ngumiti naman sya.

"Bakit naman hindi? Magkakilala naman sila, hindi ba??" si Chairman.

Natigilan ako at naibaba ko ang kutsara't tinidor ko. Napapailing na nilingon ko pa si Mommy na bakas rin ang pagtataka sa mukha at saka muli akong tumingin kay Chairman.

"P-Pero, Chairman.. H-Hindi naman po invited si Kim sa c-celebration ni Maxpein.."

"Ahh yeah, that's her name.. Maxpein, I almost forgot.." he said and cleared his throat. **"Pero nais ko siyang makasama.. Minsan lamang tayo makumpleto.."**

KUMPLETO?

WTF??? Anong kumpleto?! Kapamilya ba natin si Kim, Chairman?!

"At ikaw Dein Leigh, isama mo si Randall.." baling ni Chairman kay Noona kaya naman gulat kaming nagkatinginan pa ni Noona!

"Y-Yes, Chairman.." sagot ni Noona.

Napuno ng halu-halo'ng emosyon ang palibot ng mesa'ng yun!

Wala ng nakapagsalita pa!

Lahat kami ay napuno ng pagtataka, kaba at nauwi sa pag-iisip!

Bakit naman kailangang isama pa ang mga yun e kami lang naman ang inimbitahan ni President Moon?! Kalokohan!

Pakiramdam ko ay nawalan ako ng gana kaya naman pilit ko na lamang na inubos ang pagkaing nasa plate ko!

Nung matapos akong kumain ay agad akong umakyat sa kwarto ko at nagdahilan na lang. Kinuha ko ang cellphone ko at hindi ko malaman ang gagawin ko.

Pano ko sasabihin kay Taguro na gusto ni Chairman na isama ko si Kim?! Tsk!

Naghalu-halo ang emosyon sa dibdib ko! Napuno ng tanong ang isip ko! Munit nasa ganoon akong sitwasyon nung biglang magring ang cellphone ko kaya naman tinignan ko 'to.

~Lee Calling. . . ~

"Hello??" sagot ko.

"Dre.."

"Oh?? Napatawag ka??"

"Hahahaha! Iniimbitahan kami ni Max sa party nya, mamaya daw sa Mansion nila, invited ka ba??"

Demmit!

"Pupunta rin don sila Tob, they're also invited.. So I guess I'll just meet you there??" tanong nya pa.

"O-Okay.." sagot ko.

"Bye.." paalam nya pa at saka kusang ibinaba ang linya.

Hindi ko malaman kung anong mararamdaman ko! Hindi ko alam kung matutuwa ako o maiinis! Maiinsulto o matatawa!

OceanofPDF.com

CHAPTER 151

MAXWELL'S POV

At exactly 7:00pm, dumating ako sa Mansion.

But I stayed in my car upon arriving.

Kinuha ko ang cellphone ko then dialled Pein's number.

"Hello?" she answered.

"Nandito na ako.."

"Oh e ano naman?"

Bumuntong-hininga pa muna ako bago muling nagsalita.

"Don't be late.."

"Papunta na rin kami dyan.."

"See you.." I said and then ended the call.

Tumingin pa muna ako sa Mansion at napaisip.

Ano naman kayang magandang dahilan ang meron si Mommy para magpatawag sya ng ganitong celebration?

Bumaba ako ng kotse ko at saka mabilis na pumasok.

"Good evening, Sir Maxwell.." bati sakin ng maid at guard.

"Good evening." tugon ko at saka derederetsong pumasok sa gate. Agad akong sinalubong ng iba pang maids bago pa man makapasok sa loob. **"Where's everybody?"** tanong ko sa kanila.

"At the living area, Sir.." sagot nito kaya naman mabilis akong dumeretso doon.

"Hyung!" salubong agad sakin ni Maxrill kaya naman agad akong ngumiti.

Lahat sila ay kanya kanyang upo sa kabuuan ng living area, sina Mokz, Maxrill, Daddy, Mommy at Chairman. Kasalukuyan silang nanonood ng balita.

"Annyeonghaseyo.." bati ko sa kanilang lahat at saka nag-bow.

"Anja.." si Mommy.

Translation: Sit down..

Agad naman akong naupo sa tabi ni Maxrill.

"Where's Maxpein?" pormal na tanong ni Chairman.

"Tinawagan ko po sya bago pumasok dito, papunta na rin daw po sila.." sagot ko. Hindi naman na sya nagsalita at saka bahagyang umubo at muling tumingin sa TV. **"Anong meron?"** palihim na bulong ko kay Daddy.

"Your Mom planned this.."

"I know.. Bakit nga??"

"Dahil nakatanggap nga ng scholarship si Maxpein.."

"Tsh! You know her, Dad.."

"Maxwell.." sita nya sakin.

"Sana lang.. wala syang gawin na hindi magugustohan ni Maxpein, dahil invited ang mga friends nya---at ang mga Enrile.." mahinang tugon ko at saka napapabuntong-hiningang tumingin sa TV at nakinood.

Maya maya pa..

~BEEP!~

Agad akong tumayo.

"Titignan ko lang kung sinong dumating.." sabi ko pa sa kanila.

"Sabihan mo ang mga maids na magprepare na.." dinig kong utos pa ni Mokz kay Mommy.

Mabilis akong lumabas ng main door at tinignan kung sinong dumating..

Ang mga ENRILE..

Tsh! He's also invited??

Taka akong pinagmasdan si Randall habang inaalalayan sina Dein at ang Mommy nito na bumaba ng sasakyan nila.

And she's also invited??

Mas nagtaka ako nung makita ko yung babae'ng kapatid ni Keziah.

Maya maya pa ay nakangiting sinalubong na nila kaya naman mabilis kong sinuklian sila ng ngiti at saka ako tumango.

"Good evening." bati ko pa at saka ngumiti.

"Good evening.." si Chairman Enrile. **"Thanks for the invitation."**

"Make yourself at home, Sir.." sagot ko at saka muling tumango.

Itinuro ko sa kanila ang daan papasok at isa-isa ko pa silang nginitian habang pumapasok. Pinangunahan naman sila ng mga maids kaya dumeretso na kami sa Dining Area.

"Good evening, Chairman Moon.." nakangiti munit pormal na bati ni Chairman Enrile kay Lolo. Tumayo naman si Lolo at nakipagkamay sa kanya. **"Thanks for the invitation.."**

"It gives me great pleasure to welcome you and your family here tonight.." si Chairman Moon. **"Sitdown.."** nakangiting pakiusap pa sa kanila at inalalayan naman sila ng mga maids paupo.

Malaki ang Dining Table namin, pero dahil marami ang dadating ay pinagdikit ang dalawang malaking tables para kumasya kami.

Imagine mo ang isang napakahabang table na kasya ang 20 katao. Nasa magkabilang dulo ang dalawang Chairman. Nasa Kaliwa ko si Chairman Moon at nasa kanan ko naman si Chairman Enrile. Sa harap ko, mula kanan kung saan nasa mismong tabi ni Chairman Enrile ay si Dean Enrile, Mr. Enrile, Mrs. Enrile, Deib, Kim, Dein at Randall. Sa linya naman namin, papunta sa kaliwa ko ay ako, si Maxrill, si Daddy, si Mommy, si Mokz at si Chairman Moon. Kasalukyan kong kaharap si Randall.

Ang mga bakanteng upuan ay mapupunan lang kapag dumating sila Pein.

Nag-uusap-usap silang lahat maliban saming mga bata pero pakiramdam ko ay wala akong marinig.

Abala masyado ang isip ko kung anong posible'ng pwedeng gawin ni Mommy at nagpatawag sya ng ganito.

Kung ako kasi ang tatanongin ay hindi normal sa kanya ang isa'ng 'to.

"Hindi ko yata nakikita ang dahilan ng celebration na ito??" nakangiting tanong ni Chairman Enrile.

"They're on their way here.." nakangiting sagot ni Chairman Moon.

Nagbatian silang lahat at nakinig naman ako.

Maya maya pa ay inihain na ng mga maids ang foods, eksakto rin sa sitwasyong yun ay umingay sa labas ng sala kaya paniguradong dumating na sila Pein.

"Dumating na po si Maxpein at ang mga kaibigan niya, Chairman." mahinang sabi pa nung isang maid kaya naman ngumiti si Chairman sa kanya.

"Papasukin mo na sila.." sagot ni Chairman Moon.

"Opo, Chairman." anito at saka umalis.

Tahimik ang lahat kaya naman umingay lang nung pumasok sila.

Tinignan ko pa sila isa-isa. Maxpein, Naih, Lee, Tob at Yaz.

Wala'ng emosyong tumingin si Maxpein sa lahat ng yun na nakaupo sa mesa at saka derederetsong lumapit kay Chairman at tumango.

"Annyeonghaseyo, Hwejang-nim.." bati pa ni Pein sa kanya.

"You're late.." nakangiting sabi pa ni Chairman Moon pero hindi na sumagot si Pein. **"Sit down.."**

Tumingin pa muna si Pein kung saan sya pwedeng maupo kaya naman itinaas ko pa ang kana'ng kamay ko para makita nya ako.

"Noona, annyeong!" mahinang bati ni Maxrill nung makaupo si Pein sa tabi ko. Agad naman akong tumayo at nakipagpalit ng upuan kay Pein para pumagitna sya samin. Nag-apir pa silang dalawa at saka bumaling sakin si Pein.

"Ya.. What's up, handsome??"

"Tsh!" nakangiting singhal ko sa kanya. **"Ikaw ang kumusta?? Akala ko nakipagtanan ka na.."**

"Tss.." singhal nya at saka tumingin sa harap nya.

Nagtama ang paningin nila ni Deib.

Tsh..

Napangisi pa ako nung bumalatay ang pag-aalala sa kabuuan ng mukha ni Deib habang nakatingin kay Pein.

"Bakit may kasamang iba yan?" natatawang bulong ko kay Pein.

"Bakit nga nandito yan?" natatawang bulong nya rin sakin.

"Hindi ka nagseselos?"

"Kanino?"

"Kay Kim.."

"Bakit ako magseselos---"

"Why don't you introduce your friends first, Maxpein..???" si Mokz.

Gulat kaming nagkatinginan ni Maxpein. Nilingon naman sya ni Maxpein at saka tumayo.

"A-Ahh.. Mmm, this is my closest friend---Naih, and her sister---Yaz.." turo nya don sa magkapatid at saka bumaling don sa dalawang lalaki. **"This is Lee and Tob, our schoolmates.. Deib Enrile's bestfriends.."** dagdag ni Pein at saka naupo.

Nakangiti namang tinignan nina Chairman Moon at Mokz ang mga ipinakilala ni Maxpein at ganon na rin si Mommy at Daddy.

"Ahh yeah.. This is Randall, of course my grandchildren, Deib and Dein.. and Kim, Deib's close friend.." sabat ni Chairman Enrile at nilingon naman sya ni Maxpein.

Parang napapahiyang tumingin naman ang parents nila Deib kay Pein, samantalang wala namang kareareaksyon si Maxpein.

"Oh well.." sabat ni Mommy, kaya naman natahimik ang lahat at nilingon sya. **"I invited all of you here, because *'our'* Maxpein here.. received a scholarship.. Sa ganitong paraan man lang ay ma-**

Congratulate namin sya.. Why don't you tell us something about your scholarship, Maxpein??" nakangiting baling ni Mommy kay Pein na parang wala namang ganang pinagkrus ang dalawang kamay nya at saka nilingon si Mommy.

"According to the Directors who held the sportsfest, pwede akong pumili kung anong school ang gusto kong pasukan sa College. Covered rin daw nung scholarship ang tuition and miscellaneous fees ng four-year course na gusto kong kunin." pormal na sagot ni Maxpein.

"That's good.." namamanghang tugon ni Chairman Moon sa kanya.

"And what are your plans?" si Mokz.

"I'm planning to take up Nursing, yun ang kukunin kong Pre-Med.." sabi pa ni Pein na lumingon rin kay Chairman Enrile at saka muling tumingin kay Mokz. **"Don ko rin gagamitin yung scholarship.."**

"I see, that's a good idea.." si Mokz.

"Saang school mo naman nais na pumasok?" nakangiting tanong ni Chairman Enrile.

"Same school, Chairman Enrile---"

"Why not, SIS??" sabat ni Mommy.

Unti-unti ng bumabakas sa mukha ng mga kaibigan ni Maxpein ang pagkailang.

"Bakit pa ako lilipat kung pwede'ng doon na rin naman?" sarkastikong tanong ni Maxpein kay Mom.

"Then.. give me *'one good reason'* why BIS??" madii'ng tanong ni Mommy at dinig na dinig naman namin ang malakas na buntong-hininga ni Maxpein.

"Less effort.." walang emosyong sagot ni Pein.

This is interesting..

"O baka naman dahil mas *'in love'* ka na sa BIS kesa sa SIS??" sarkastiko at makahulugang tanong ni Mommy na nilingon pa mismo si Pein.

"Part of moving on.." nakangising sagot ni Pein.

"Ehem.." si Chairman Moon.

Natahimik sila Mommy at Pein at saka tumingin sa kanikanilang plates. Nangibabaw ang katahimikan nung iserve ng mga maids ang iba't ibang dishes.

"We've prepared a lot, I hope you'll enjoy the foods.." pormal na sambit pa ni Chairman Moon at saka kami nagsimulang magsikain.

Maya maya pa..

"Your granddaughter is intelligent, Chairman Moon.." si Chairman Enrile. Nilingon naman sya ng lahat.

"Ha ha ha! Hindi naman sa pagmamalaki pero.. lahat naman ng Apo ko ay matatalino.." nakangiting sagot ni Chairman Moon.

"I agree! Isang high school student na nasasagot ang mga tanong ko para sa mga College Students.. Impressing.."

"Is that so??"

"Yes.." nakangiting sagot pa muli ni Chairman Enrile at saka tumingin kay Maxpein. **"How old are you again, hija??"**

"I'm 18.." sagot ni Pein at natigilan si Chairman Enrile.

"18??" parang hindi pa makapaniwalang tanong nya ulit.

"Yes, Chairman.."

"And you're still in high school??"

"She was once kicked out from school.." sabat ni Mommy. **"She had to stop for two years.."**

"O-Oh.. I didn't know that.." tatangu-tango pang sambit ni Chairman Enrile at saka tumingin muli kay Maxpein na nagpatuloy sa pagkain. **"And.. why is that??"**

Hindi ko naiwasang mapatingin kay Randall na kasalukuyan ng nakatingin kay Maxpein. Ang totoo, lahat sila sa side nila ay nakatingin kay Maxpein.

I can't believe this..

Napabuntong-hininga akong pinakinggan na lang ang usapan nila at pinakiramdaman ang namumuo'ng tensyon sa buo'ng dining area na yon!

"I've lost my interest.." blangko ang emosyong sagot ni Pein at napangiwi naman si Chairman Enrile.

"Lost interest?? At a very young age?? Tsk tsk tsk.." iling pa nito. **"You're 18.. stopped for two years and was kicked out once.. so you were around 14 or 15 years old back then? Am I right??"**

"Yes, Chairman.."

"Saan ka naman nawalan ng interest, hija?"

"In life..??" patanong na sagot ni Pein.

"L-Life???" parang hindi pa makapaniwalang tanong ni Chairman Enrile pero hindi na sumagot si Pein.

"Maribela??" biglang tawag ni Chairman Moon sa head ng mga maids kaya naman naagaw nya ang pansin ng lahat.

Agad na lumapit ang maid at saka bumaling si Chairman Moon sa kanya.

"Maglabas ka ng dalawang Tignanello Antinori, please.." utos ni Chairman Moon at agad namang tumango ang maid sa kanya.

"Yes, Chairman."

"But we're happy that finally, may plano na sya sa buhay nya.." bakas parin ang pagiging sarkastikong sabat ni Mommy. Agad syang nilingon ng lahat at ngumiti naman sya kay Chairman Enrile. **"Mabuti naman at tulad ng kapatid nya ay plano nya ng maging isang doktor.."**

"That's good.." tatangu-tango'ng sagot ni Chairman Enrile at saka tumingin sakin. **"This man right here is a Medicine Student, am I correct?"** baling sakin ni Chairman Enrile at agad naman akong ngumiti sa kanya.

"Yes, Chairman.." sagot ko.

"Very interesting.. Doktor rin ako kaya naman.. malapit ang loob ko sa mga bata'ng nagnanais ring maging doktor, tulad mo.."

"Salamat, Chairman.."

"And this young man right here??" baling ni Chairman Enrile kay Maxrill.

"Yes, Sir?" si Maxrill.

"What are your plans?"

"Plans, Sir?"

"Yes, young man.. *'Plans'*.." pagdidiin pa nito.

"I'm planning to be successful, Sir.." nakangiting sagot ni Maxrill at iniwasan ko namang matawa.

Nangibabaw ang bungisngisan ng karamihan at binigyan naman ni Maxrill na napakalawak na ngiti si Chairman Enrile na natawa rin sa isinagot nya.

"Ahh yeah, nakalimutan kong sabihin.. I enjoyed my stay in Palawan.." si Chairman Enrile, nilingon naman sya ng lahat at nakinig. **"Napakaganda ng tanawin.. Mababait ang mga tao at masayahin.."**

"Mmm.. Salamat sa ginawa mo'ng pagbisita, nag-enjoy rin ang mga tauhan namin doon at ang iba pa naming kakilala sa ginawa nyo ng pamilya mo'ng Medical Mission, I forgot to say thank you.." si Chairman Moon.

"It's okay.. Pero.." pambibitin ni Chairman Enrile. Uminom pa muna sya at saka muling nakangiting tumingin kay Chairman Moon. **"..hindi ko**

inaasahang bibihira sa kanila doon ang nakakakilala kay President Moon??"

Natigilan ako sa pagnguya..

Dinig ko pa ang bahagyang pagklaro ng lalaumnan ni Chairman Moon at saka sya umayos sa pagkakaupo nya at sumulyap pa kila Mom and Dad.

"Mas kilala nila si *'Heurt'*?? Yun ang pangalan nya if I'm not mistaken.." dagdag pa ni Chairman Enrile. **"I don't know anyone named Heurt among your family members, Chairman Moon.."**

Natigalan kaming lahat at bahagya pa akong napayuko.

What the heck..?

"I hope you won't mind if I ask, who is she??" nakangiting tanong pa ni Chairman Enrile.

"She's my mother.." sabat ni Pein.

Nilingon sya ng lahat, lalo na ako.

"Your mother??" nakangiting tanong pa ni Chairman Enrile sa kanya at walang emosyon naman syang nilingon ni Pein.

"Yes, Chairman Enrile.."

Tsk tsk..

Gulat na napatingin si Chairman Enrile kay Maxpein at hindi ko maipaliwanag ang nakikita ko sa reaksyon ni Chairman Enrile.

He seems disappointed.. I wonder why?

"I am not her Mother, Chairman Enrile.." sabat na naman ni Mommy.

"Ehem.." muling tawag-pansin ni Chairman Moon kaya naman muling natahimik ang lahat.

Nilingon ko si Chairman Moon at salubong na ang kilay nya.

What are you planning, Mom? Why are you doing this?

"How about Maximor??" tanong ni Chairman Enrile at di ko napigilan ang sarili kong tignan sya ng masama munit nananatili syang nakatingin kay Mommy at nakangisi! **"Dinig ko'y hindi rin sya sigurado'ng *'sya'* nga ang Ama ni Maxpein----"**

"Jamshimanyo.." pigil ko sa sinasabi ni Chairman Enrile at taka naman syang nilingo ako! Seryoso'ng tinignan ko sya sa mga mata! **"Wae geureon maleul haneungeoya, Bujang-nim??"** pormal munit inis na tanong ko!

**Translation: Wait a minute.. Why are you talking like that, Chairman??*

Gulat syang napatitig sakin at ipinakita ko naman sa kanya'ng hindi ko nagustohan ang sinasabi nya!

DEIB'S POV

Nagulat kaming lahat sa naging tanong ni Maxwell at bakas sa mukha ni Chairman Enrile na talagang nabigla sya sa tanong ni Maxwell! Ang tono ng pananalita ni Maxwell ay may bahid ng inis!

"Well, that's what I have heard.." pormal na sagot ni Chairman Enrile kay Maxwell at tumaas naman ang dalawang kilay ni Maxwell at saka ngumisi.

"What is it about my family that makes you that interested, Bujang-nim??" sarkastiko munit may galang pa ring tanong ni Maxwell kay Chairman Enrile. **"I believe, you're not that close to my family.. Why waste time knowing something that's private..????"**

"Hmmmm.. Maybe you're right.. Pero.. sa tingin ko ay may karapatan naman akong kilalanin ang mga tao'ng malapit sa myembro ng pamilya ko.." pagdidiin ni Chairman at nilingon ko naman sya!

Naging makahulugan ang titig na isinukli sakin ni Chairman kaya naman naibaba ko sa hita ko ang nagsisimula ng manginig na mga kamay ko!

Hindi ko maipaliwanag ang nararamdaman ko!

Hindi ako makapaniwalang sinasabi lahat ni Chairman 'to!

Nangingibabaw ang galit sa dibdib ko!

Bakit nya ba kailangang ipahiya ng ganyan si Taguro at pati na rin ako!

Iba ang dating sakin ng pananalita at mga tanong ni Chairman! Parang andami dami niyang alam at animong kinukumpirma nya na lang ang mga alam nya kaya nya tinatanong si Taguro!

Kanina ay nag-aalala ako kung paano ko ipapaliwanag kay Taguro kung bakit kasama si Kim! Pero sa ngayon..

Mas nag-aalala ako sa nararamdaman nya..

Gusto ko syang lapitan at hawakan.. kahit sa kamay man lang..

Tsk..

Panay ang sulyap ko kay Taguro at sa ganyan reaksyon nya..

Kahit pa blangko ang emosyon ng mukha nya---nasasaktan pa rin ako!

Napabuntong-hininga ako..

Pinagsisisihan kong pumunta pa kami dito!

Sorry, Babe.. I'm so sorry..

Napatingin ako sa Daddy ni Maxpein at hindi ko maiwasang di makaramdam ng inis sa kanya!

Bakit hindi nya man lang iligtas ang anak nya!?

Tulad ni Maxpein ay nananatiling blangko ang reaksyon ng mukha nya at wala kang mararamdamang emosyo'ng nagmumula sa kanya!

Samantalang halos lahat kami ay ramdam na ramdam na ang tensyo'ng namumuo sa paligid namin!

"Kimeniah??"

Gulat akong naiangat ang paningin ko nung biglang tawagin ni Chairman Enrile si Kim!

"Y-Yes, Chairman??" pilit ang ngiti'ng tugon ni Kim!

"Chairman Moon, this is Kimeniah Sirvey Gozon.." pakilala pa kunwari ni Chairman Enrile kay Chairman Moon!

"Mmm.. How are you related to Mr. Gozon??" patungkol ni Chairman Moon sa Lolo ni Kim!

"He's our grandfather, Chairman. That guy right there is my cousin." turo pa ni Kim kay Lee na bakas na rin ang pagkailang sa mga nangyayari at gayon rin naman sila Tob, Parrot at yung kapatid nya.

"She's my grandson's future girlfriend.."

Naging napakabilis ng paglingo'ng ginawa ko kay Chairman Enrile!!!

"C-Chairman.." naiusal ko at tumingin agad sya sakin!

"Why??" nakangiti pang tanong nya!

"S-She's not my girlfriend.." mahinang sagot ko.

"I know.. Kaya nga ang sabi ko ay future girlfriend.."

"C-Chairman.."

"May problema, Deib Lohr??" makahulugan na naman ang tingi'ng tanong pa ni Chairman at mas napatitig ako sa kanya!

Hindi ako makapaniwala sa sinabi nya!

Nananatili kaming nakatingin sa isa't isa!

"That is....."

Sabay sabay kaming napalingon kay Taguro nung bigla nyang sambitin yun!

T-Taguro..

Nakangisi'ng nilingon ni Taguro si Chairman Enrile!

"...kung papayag akong mapunta sa kanya ang Apo nyo.." dagdag ni Taguro!

Demmit!

Biglang bumilis ang tibok ng puso ko!

Napanganga ako habang nakatingin kay Taguro!

Kahit gusto kong makaramdam ng tuwa dahil sa sinabi ni Taguro at hindi ko mapigilan ang bilis ng tibok ng puso ko!

Masyadong takot ang lahat ng tao'ng magsisalita dito kaya naman bawat sinasabi ng isa ay maririnig mo'ng talaga dahil sa sobrang tahimik!

At kahit na napakahina ng pagkakasabi ni Taguro at dinig na dinig ko ang bawat salitang inusal nya! Ultimo'ng ang pagiging sarkastiko nya ay ramdam na ramdam ko!

B-Bakit nangyayari 'to?!

"E-Excuse me??" nakangiti munit nagtatakang tanong ni Chairman Enrile kay Taguro.

"He's my boyfriend.."

Wag kang duwag, Deib!!! Magsalita ka rin!

"D-Deib Lohr??" baling sakin ni Chairman Enrile!

"Y-Yes, Chairman??" pigil ang takot na tugon ko.

"Totoo ba ang s-sinasabi nya??" pilit ang ngiti'ng tanong ni Chairman Enrile sakin!

"Y-Yes, Chairman.."

"She's your girlfriend?!"

'Yes, Chairman.." nakatingin sa mga mata nyang sagot ko at natigilan naman sya!

"Do you have any problems with that, Chairman Enrile??"

Muling napalingon ang lahat kay Taguro!

W-What the heck, Babe??? Andwaee!!

Lalong bumilis ang tibok ng puso ko!

"Ha ha ha ha ha ha!!!!" malakas na tawa ni Mokz dahilan para maagaw naman nya ang atensyon ng lahat! **"This is very interesting!"**

"D-Dad?!" si Maze kay Mokz.

"What?!" tumatawa pa'ng tanong ni Mokz kay Maze na salubong na salubong naman ang kilay! **"Well, if you're going to ask me.. I think, they look good together.. Naega majjayo, Hwejang-nim??"** tumatawang baling pa ni Mokz kay Chairman Moon!

Translation: Am I right, Chairman??

Umubo lang si Chairman Moon at saka muling umayos sa pagkakaupo!

"Maxpein.." si Chairman Moon.

"Ye, Hwejang-nim??" sagot ni Taguro!

"Geu sashilya??"

Translation: Is that true??

"Ye, Hwejang-nim.."

Naghahalu-halo ang tuwa at kaba sa loob loob ko!

Nanatili akong nakatingin kay Chairman Moon at pinagmamasdan ang reaksyon nya! Munit nanatili'ng kalmado ang reaksyon sa mukha nya at bahagya pa akong nagitla nung bumaling sya ng tingin sa akin!

M-Mahal na mahal ko po ang Apo nyo, Chairman.. Mas mahal ko pa po sa Lolo ko..

"Excuse me, Chairman.. Tignanello Antinori.." biglang lapit nung maid dahilan para maagaw nya ang atensyon ng lahat!

Nakahinga ako ng maluwag at napayuko!

"Deib Lohr.." bulong sakin ni Chairman Enrile kaya naman nanginginig na nilingon ko sya!

"C-Chairman.."

"Mag-uusap tayo mamaya.." gitil pang bulong nya kaya naman lalo akong nanginig at kinabahan!!!!

Bigla kong naramdaman ang paghawak ni Noona sa kamay ko kaya naman dahan dahan ko syang nilingon!

N-Noona..

Nakangiti syang tinanguan ako!

Bumagsak naman ang mga balikat ko dahil pakiramdam ko ay mayayari ako!

W-Wala akong pakialam! Mahal ko si Taguro!

Isa-isa'ng nilapitan nung maid ang mga matatanda'ng nandoon at sinalinan ng wine ang mga wine glass nila.

Maya maya pa ay nagpatuloy na naman sila.

"Gaano na katagal ang relasyon niyo??" nakangiting sabat ni Maze na sinulyapan pa ako bago pa man tumingin kay Taguro.

"Hindi kami nagbibilang.." nakangiwing sagot ni Taguro na tumingin pa mismo sa mga mata ko.

"At ayos lang sayo'ng may kasama syang iba'ng babae ngayon sa gabi'ng ito???"

Napakasarkastiko ng dating ng tanong ni Maze kaya naman di ko napigilan ang sarili ko'ng inis na lingunin sya!

"Panigurado akong.. hindi pa nagtatagal ang relasyon nyo.. Kailan lang ba kayo nagkasundo??" sarkastiko pa ring tanong ni Maze. **"Sabagay.. hindi ka nga pala selosa.. Nakakaramdam ka nga ba ng selos, Maxpein??"** natatawa pang dagdag ni Maze!

"Mmm.. paminsan minsan, nakakaramdaman rin naman.." walang emosyong sagot ni Taguro na hindi man lang sya nilingon at nanatiling nilalaro ang soup nya!

"Kaya ba ayos lang sayo'ng may kasama syang ibang babae ngayon?? Sa pagkakaalam ko ay nililigawan ni Deib Lohr si Kimeniah noon??" nakangiting tanong ni Maze at bahagya namang natawa si Taguro sa kanya!

Dahilan para magtaka ang lahat ng nakatingin sa kanila!

"Akalain mo nga namang pati yun, alam mo pa??" natatawang tanong ni Taguro kay Maze!

"Mullon.." nakangising sagot ni Maze!

Translation: Of course..

"Pero yung relasyon namin---hindi mo alam??" nakangising tanong ni Taguro na isinenyas pa ako! **"You're funny, Maze.."**

"Oh well.. nung birthday party nya pa kasi sila magkasama, kaya hindi ko naisip na mahalaga ka pala sa kanya, huhmmm.." natatawa pang sabi ni Maze!

"Mmm.. Iba pa rin kasi yung pakiramdam na.. *'kahit'* may kasama syang iba, alam mong ikaw ang mahal nya.."

Mmm.. Iba pa rin kasi yung pakiramdam na.. 'kahit' may kasama syang iba, alam mong ikaw ang mahal nya..

Mmm.. Iba pa rin kasi yung pakiramdam na.. 'kahit' may kasama syang iba, alam mong ikaw ang mahal nya..

Muling nagpaulit-ulit ang linya'ng yun ni Taguro sa pandinig ko at pakiramdam ko ay ilang beses na hinaplos haplos ang puso ko munit hindi ko man lang magawang mangiti dahil sa tensyon sa pagitan ng bawat isa!

****TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!****

Baaaabbbeee!!

Gusto kong tumayo at yakapin si Taguro dahil sa isinagot nyang yon!

"Wae?? Dangsineun jeongmal geu sarameul juahe?!" nakangisi pang tanong ni Maze!

Translation: Why? Do you really like that guy?!

"Ani.." seryosong sagot ni Taguro!!!

Translation: No..

B-Babe..

"Geureom mwol!?" taas ang kilay munit nakangiti na tanong ni Maze!

Translation: Then what?!

Dahan dahan akong napalingon kay Taguro!

Parang binabambo ang puso ko sa sobrang bilis ng tibok nito!

Pakiramdam ko ay meron sa loob loob kong pumipigil sa isasagot nya! Pero meron rin sa loob loob kong nais madinig ang sasabihin nya!

"Saranghe.."

Saranghe..

Translation: I love him..

Dahan dahang nawala ang mga ngisi sa mukha ni Maze!

Napatitig ako kay Taguro at hindi ko maipaliwanag ang nararamdaman ko! Nananatiling blangko ang emosyon nya habang nakatingin kay Maze pero hindi ko maintindihan kung bakit parang sa paningin ko ay nakangiti sya sakin!

"M-Mworagu??" animong hindi makapaniwalang tanong ni Maze na seryosong seryoso ang mukha at salubong na salubong ang dalawang kilay!

Translation: What did you say??

"Inimbitahan mo ba kami para pakainin o para ipahiya ako??" pigil ang galit na tanong ni Taguro!

"Maxpein.." sita ng Daddy nya pero hindi sya pinansin ni Taguro!

Kukurap kurap ang mga mata'ng napatitig si Maze kay Maxpein!

"Sana binigyan mo na lang ako ng bio-data para sinagutan ko at ipinasa kay Chairman Enrile.." sarkastikong dagdag ni Taguro at saka umayos sa pagkakaupo at walang emosyong nilingon si Chairman Enrile!

Pigil ang hiningang napatitig naman ako kay Taguro! Pero bumilis ang tibok ng puso ko nung bigla syang ngumiti kay Chairman Enrile!

"Hindi ko akalaing ganyan pala katindi ang interes nyo sakin, Chairman Enrile??" sarkastiko'ng tanong ni Taguro kay Chairman Enrile! **"Kung may gusto pa ho kayo'ng malaman.. mas maganda ho siguro'ng *'sakin'* na kayo dumeretso.. Hindi sa kung sinu-sino.."** biglang seryosong dagdag ni Taguro!

"Maxpein!" sigaw ni Chairman Moon!

Munit hindi nagpatinag si Taguro at nanatiling walang emosyong nakatingin kay Chairman Enrile na kasalukuyang bakas ang pagkagitla sa mga sinabi ni Taguro sa kanya!

"Bukod sa pagiging *'anak ko sa labas'*, ano pa ho'ng ayaw nyo saken??" bakas ang galit sa mga mata'ng tanong ni Taguro kay Chairman Enrile na nanlaki bigla ang mga mga mata!!!

"M-Maxpein!" sigaw na naman ni Chairman Moon!

"Bukod sa pangalan ng *'tunay'* na Nanay ko, ano pa ho'ng gusto nyong alamin tungkol saken?!"

"Geumanhe!" sigaw naman ni Chairman Enrile!

Translation: Enough!

"Bukod sa pagiging bastos ko---ano pa ho'ng gusto niyong patunayan ko sa inyo!!!" biglang sigaw rin ni Taguro!

Napakadiin ng pagkakasigaw nyang yun at kitang kita ko sa mga mata nya ang galit!

Deretsong deretso ang titig ni Taguro kay Chairman Enrile at mula sa kinauupuan ko ay ramdam na ramdam ko ang galit sa emosyong ipinapakita nya!

Para kaming mga tanga'ng nagpapalipat lipat ang tingin sa kanilang tatlo!!

Wala ni isa'ng makapagsalita dahil sa tensyon at kaba!

"Mulye!!!" gitil na gitil na sigaw ni Chairman Enrile

Demmit!!

Translation: Rude!!!

"C-Chairman.." pigil ko sa kanya! Pero ni hindi man lang nya ako nilingon!

Nanatili syang nakatingin kay Taguro at bakas na bakas ang galit sa mukha nya habang blangko naman ang kay Taguro!

"M-Max, t-tama na.." nanginginig na pigil ko kay Taguro pero hindi nya rin ako nilingon!

"Ibwayo, Bujang-nim!" pagdidiin ni Taguro kay Chairman Enrile!

Translation: Look here, Chairman!

"Sa ayaw at sa gusto nyo, *'ganito ako'*.. Hindi ko isasakripisyo'ng baguhin kung ano ako dahil lang may problema kayo sa kung sino ako.." at saka sya galit na tumayo at humarap kay Chairman Moon! "**Jeoseonghamnida, Hwejang-nim.."** paalam pa nito at saka mabilis na umalis!

Translation: I'm sorry, Chairman..

Gulat akong napatayo at sinundan sya ng tingin!

"Sit down.." dinig kong utos ni Chairman Enrile at dahan dahan ko naman syang nilingon!

"C-Chairman---"

"Sit down!" mahinang sigaw nya dahilan para mapasunod ako!

"Sesanghe.." hindi makapaniwalang bulong ni Dean Enrile.

Napapahiyang nilingon ko si Chairman Moon at kitang kita ko ang galit at pagkapahiya sa mukha nya!

Halos nakatungo ang lahat at hindi makapagsalita dahil sa nangyari!

Naagaw lang ang atensyon ng lahat nung biglang tumayo si Maze at mabilis na naglakad palabas!

A-Anong gagawin ko!? Tsk!

Nanginginig ang buong katawan ko! Gusto kong puntahan si Taguro!

Pero pano??

N-Natatakot ako kay Chairman..

MAX'S POV

Lumabas ako ng bahay at saka nagsindi ng sigarilyo..

Hindi ko maintindihan ang mararamdaman ko!

Nagsisimulang mag-init ang ulo ko munit pilit ko ring nilalabanan yon..

Mas lalo nila akong kamumuhian kapag nakita nilang galit ako..

Hindi ko rin kayang bastusin ng tuluyan ang pamilya ng tao'ng mahal ko..

Naging sunod sunod ang paghithit at pagbuga ko sa sigarilyo habang ramdam na ramdam ko ang pagsalubong ng kilay ko.

Naging mabigat ang bawat buntong-hiningang pinakakawalan ko.

Tsk..

"How dare you!"

Hindi ko na nilingon pa ang boses na yun..

SI MAZE..

Nagtuloy lang ako sa ginagawa ko..

"Bumalik ka sa loob at humingi ka ng paumanhin kay Chairman Enrile---"

Kusa syang natigilan nung biglang harapin ko sya!

"Anong pinaplano mong gawin??" gitil na tanong ko at hindi sya agad nakasagot!

Sandali pa kaming naglabanan ng titig at saka sya ngumisi at iniiwas ang paningin nya sakin!

"W-What?!" hindi makapaniwalang tanong nya kaya naman mas deretso ko syang tinitigan!

Ramdam ko sa mga kamay ko ang gigil at ramdam ko sa dibdib ko ang galit!

Parang puputok ang mga ugat ko sa buong katawan sa sobrang tensyon sa loob ng katawan ko!

"Alam mo ba talaga ang ibig sabihin ng salitang bastos, Maze??" madiing tanong ko at naigewang nya naman ang ulo nya habang nananatiling galit ang reaksyon nya! **"Yang ugali mo ang pinakamagandang halimbawa ng pagiging bastos----"**

"How dare you!"

"How.. dare.. you!!" pagdidiin turo ko pa sa kanya! **"Sino ka para ganituhin ako!? Do you really hate me that much para ganonin ako sa harap ng mga tao'ng importante sakin!? Ha?!"** nangingilid ang luha'ng tanong ko!

Hindi sya nakasagot kaya naman agad akong tumalikod sa kanya at palihim na pinunasan ang mga namuo'ng luha sa mga mata ko!

Nangibabaw ang katahimikan sa pagitan namin!

"Sa edad mong yan ay napakarami mong bisyo.." natatawa pa ang tono'ng sambit nya. **"Pakikipagnobyo sa mura'ng edad.. Paninigarilyo ng hindi pa kumikita ng sariling pera.. Ang pagloloko sa pag-aaral ng hindi man lamang naiisip ang paghihirap ng mga magulang niya.. When will you grow up, Maxpein??"** nakakainsulto'ng tanong nya.

"Ano namang kinalaman nyan sa pagsunod mo sakin dito??" sarkastikong tanong ko habang nakatalikod sa kanya!

Nanatili lamang akong nakatingin sa malayo at nagtuloy lang sa paninigarilyo.

Pasalamat pa sya at hindi ko nagawang ibuga ang usok ko sa kanya dahil yun ang gawain ko kapag hindi ako natutuwa sa mga sinasabi ng kausap ko kapag naninigarilyo..

"Hindi ko alam na nobyo mo pala ang Deib Lohr na iyon.." nakangiti pang sambit nya.

"Hindi ko rin naman alam na kelangan mo pa palang malaman yun.." pormal na tugon ko.

"Hindi man ako ang tunay na Mommy mo.. kung may galang ka ay sasabihin mo pa rin.."

"Ganon ba kainteresante ang buhay ko para sayo, Maze?" nakangising tanong ko na nilingon pa sya. Tumingin naman sya sakin at saka ngumisi rin.

"Oo naman, Maxpein.. Parati namang interesante para sakin ang takbo ng magulo mo'ng buhay.." nakangising sambit nya at saka muling bumuntong-hininga. **"Sana ay nalaman ko ng maaga na kayo pala.. baka**

sakaling nakapagcelebrate rin tayo dahil sa wakas ay nakamove on ka na sa nauna mong relasyon.." natatawang pang-iinsulto nya.

"Hindi ko sinabi dahil.. sa twing mas marami kang nalalaman, mas marami ka ring pinapakialaman.." ngumiwi pa ako at saka ngumisi sa kanya. **"Mas maigi na yung hanggang dyan ka na lang.."**

"Hahahaha! At sino namang may sabi sayo'ng pakikialaman ko pa ang pakikipagrelasyon mo sa Deib Lohr na iyon??" sarkastikong tanong nya pa.

"Wala.. Dahil napakialaman mo na e.." biglang seryosong tugon ko na nilingon pa sya dahilan para magitla sya at hindi makasagot. **"Sino'ng tanga naman bukod sayo ang magsasabi sa mga Enrile na ultimo'ng Tatay ko ay hindi nakakasiguro'ng *'sya'* ang Ama ko??"** pigil ang galit na tanong ko. Pinanatili kong seryoso ang mukha ko at nanatili naman syang natitigilan. **"Nakakasiguro akong hindi ikaw ang Nanay ko.. at nagpapasalamat pa ako doon---pero yung ipangalandakan mo pa sa ibang tao na hindi nakakasiguro si More na sya ang Tatay ko, ibang usapan na yon.. Paninira'ng puri ang ginagawa mo.."**

"Bastos ka.." nanggagalaiting tugon nya at ngumisi naman ako ng tipid sa kanya hababg nananatiling masama ang tingin sa kanya.

"Alam mo namang kakakarampot na lang ang respeto'ng meron ako sayo.. *'sinimot'* mo pa.. Bakit hindi mo subukang magmakaawa ng kaunti'ng respeto mula sakin, Maze?? Baka sakaling pagbigyan kita??"

"Bastos ka---!!!!!"

"Uhmp!" pinigilan ko ang ambang pananampal nya sa akin!

Nangingingin ang kamay kong pinipigilan ang nanginginig rin nyang braso!

Itinapon ko ang baga ng sigarilyo ko at ibinuga sa mukha nya ang huling usok mula sa bibig ko!

"Wag mo na hayaang barumbaduhin pa kita, Maze.. Dahil magsisisi ka.." madiing sabi ko at saka ko patapong binitiwan sya!

"How dare you?!!!" gigil na sigaw nya!

"Sige lang, Maze.. ipagpagpatuloy mo lang yang ginagawa mo.. Yan lang naman ang papel mo sa buhay ko e---ang maging kontrabida?! Binuhay ka para ganituhin ako at binuhay ako para ganyanin mo.."

"Nakakahiya ang kabastusan mo! Nakakaawa ka dahil yan lang ang natutunan mo.." sarkastikong tugon nya pa!

"Mmm.. maaaring ganoon nga.. ***'bastos'*** **ako.. Pero mas mahalaga sakin ang masabi ko sayo kung anong gusto ko.."** nakangiwing sagot ko! **"At kung may dapat man akong ikahiya dito.. yun ay yung magkaron ng mga mababait na kapatid na may Nanay na tulad mo---"**

"Bawiin mo ang sinabi mo!!!"

"Narinig mo na e.." nakangiwing sagot ko. **"Kahit bawiin ko pa yun---nasa utak mo na.."**

"Maxpein!!!" gigil na sigaw nya pero nanatili akong kalmadong nakatingin sa kanya.

"Masyado kang pakialamera.. Bakit kaya hindi mo nalang guluhin ang sarili mong buhay?? Tapos kapag naboring ka---ayusin mo isa-isa..??? Mas okay yun, mukha ka ng tanga.. pagtatawanan ka pa.." sarkastikong sagot ko at saka muling pumasok sa Mansion at dumeretso sa dining area!

Pigil na pigil ang emosyong hinarap kong muli ang lahat ng nandoon at nilingon naman nila ako!

"Nan gal geoya, jeonyeok sikssareul jusyeoseo---Kamsahamnida.." mabigat ang pakiramdam na usal ko pa habang nakaharap kay Chairman Moon at saka tumango ng ilang segundo sa harap nila.

Translation: I'm going, thank you for the dinner..

Bakas ang pagkagulat at pagtataka sa mukha nila nung muli kong iangat sa kanila ang paningin ko, pero hindi ko na nagawang tignan sila isa-isa.

"S-Sasabay na po kami.." biglang tayo ni Naih at napatingin naman sa kanya ang lahat ng nakaupo pa ron. Isa isa ring nakitayo sila Lee, Tob at Yaz.

"A-Aalis na rin po kami.." si Lee.

"Mauna na rin po kami.." si Tob.

"Hmmm.. O sige.." pormal na tugon ni Chairman Moon at saka ako nilingon at tinitigan. **"I'll talk to you next time.."**

Tinanguan ko lang sya at saka ako tumingin kila Daddy at Mokz.

"Aalis na ho kami.." sabi ko pa at saka muling tumango at tinalikuran sila.

"B-Babe.."

Gulat akong napalingon sa tawag na yun ni Sensui! Taka akong tinignan sya!

"S-Sasabay na ako.." madiing sabi nya pa!

Hindi ako nakasagot at napatingin ako kay Chairman Enrile na kasalukuyang nakatingala sa kanya at hindi maipinta ang reaksyon sa mukha!

"Deib Lohr!" mahinang tawag pa sa kanya ni Chairman Enrile.

"S-Sasamahan ko ang girlfriend ko, Chairman.." bakas ang takot na sagot ni Sensui at nagsalubong naman agad ang mga kilay ni Chairman Enrile!

Hindi ko na sila pinansin pa at nagtuloy nako palabas.

Nakasalubong ko pa si Maze sa living area munit hindi man lang ako nilingon nito.

Naging mabilis ang pagsunod sakin nila Naih, Tob, Lee at Yaz nung makalabas ako.

"M-Max.." si Naih. Nilingon ko naman sya. **"Okay ka lang??"**

"Okay lang.." napapabuntong-hiningang sagot ko. Eksaktong lumabas naman si Sensui at kasunod si Kim.

"B-Babe.." tawag nya sakin at tumingin naman ako sa kanya. **"Ayos ka lang?? Okay ka lang ba??"**

"Okay lang.." sagot ko at saka ako bumaling kay Kim na bakas ang pag-aalala sa mukha. Nginitian ko naman sya kaya naman bahagyang natigitla pa sya.

"Pasensya ka na kanina, nadamay ka pa.." mahinang sabi ko na mas ikinagulat nya pa.

"A-Ako nga ang dapat humingi ng s-sorry sayo, Max.. S-Sayo at sa family and friends mo.." sabi pa ni Kim na tinignan pa an mga kasama ko. **"H-Hindi ko naman kasi a-alam na ganito pala ang mangyayari---"**

"Wala namang may alam na ganito ang mangyayari.." nakangiting tugon ko at natigilan sya at saka napabuntong-hininga. Magsasalita na sana ako munit nahagip ng paningin ko sila Dein at Randall na papalapit na rin sa amin. Napatingin naman ako sa kanila.

"N-Noona.." si Sensui. Napabuntong-hininga naman si Dein at saka tumingin sakin.

"I'm sorry for what happened.. I understand kung m-magagalit ka samin---"

"It's okay.." pigil ko kay Dein. **"M-Mahirap iwasan ang isang yun.."** pilit ang ngiting dugtong ko.

"I hope you're okay.."

"I'm okay.."

"Pein.."

Muli ko na namang naingat ang paningin ko dahil ang sumunod na lumabas ay si Maxwell. Mag-isa lang sya. Isa-isa nya pang tinignan ang lahat at saka bumaling sakin.

"Gwaenchanna??" si Maxwell.

Translation: Are you okay??

"Mmm.." nakangiting tugon ko at napabuntong-hininga lang rin sya at saka tinignan ang kabuuan ng mukha ko. **"Miyane.."**

Translation: Sorry..

Hindi na ako kumibo at ngumiti na lang ako sa kanya.

"M-Max, san tayo pupunta??" si Naih.

"Anong san pupunta??" natatawang tanong ko.

"Ano!? Ganito na lang tayo!? Pamatay ang suot ko tapos tatayo lang ako dito?! Unfair!" nakangusong sabi nya pa kaya natawa kami sa kanya.

"Tara sa TB, magtratrabaho na lang ako---"

"Anoo!!????" silang lahat!

"B-Bawal ba??" tanong ko.

"Sa ganyan lagay---makakapagtrabaho ka pa ba?!" si Yaz.

"Bakit? Ano bang nangyari sakin?" inosenteng tanong ko na tinignan pa kunwari ang kabuuan ng katawan ko. **"Okay lang ako.."**

"Physically----yes! Pero emotionally---hinde!!!" malakas na sigaw sakin ni Yaz at napatingin naman ako sa kanya! **"Sasama kami sayo!"**

"A-Ano?!"

"Whether you like it or not----we're going with you!"

"P-Pero.. bar yun.." sagot ko.

"So!?"

Hindi na ako nakasagot at lahat sila ay nakatingin pa rin sakin!

"Tara tara!" biglang yaya ni Tob kaya naman napatingin pa ako sa kanya at nginitian nya naman ako kaya naman nangiti rin ako sa ganda ng pagkakangiti nya. Inalalayan ako ni Sensui at inakbayan, saka kami magkakasabay na naglakad papunta sa kanya kanyang sasakyan.

"A-Ahh.. M-Mauna na siguro ako.. Enjoy kayo.." si Kim. Nilingon ko naman agad sya.

"Bakit?" tanong ko.

"A-Ahhh.. hehehe.. Sa bahay na lang ako.."

"Sumama ka na samin.."

"H-Ha??"

"Sumama ka na samin.." nakangiting pag-uulit ko pa at natigilan lalo sya at saka nag-aalangang tumingin kay Sensui na nginitian rin naman agad sya.

"Sumama ka na.." nakangiting sabat ni Sensui, kaya naman kahit natitigilan ay napangiti rin ng matamis si Kim.

"Okay lang ba??" naiilang pang tanong ni Kim.

"Mmm.. mas okay yun, kesa umuwi kang mag-isa.." nakangiting dagdag pa ni Sensui at ngumiti rin si Kim sa kanya. **"Kila Lee ka na lang sumabay.."**

"S-Sige.."

"Lee, isabay mo na si Kim.." tawag ni Sensui kay Lee.

"Sige! Tara dito, Kim!" si Lee.

"Kasya pa ba tayo!?" si Yaz. Nagkatinginan sila. Kay Lee nakasakay sila Tob, Yaz at Naih.

"Kasya kayo nyan.." si Sensui.

"Dito ka na sakin.."

Gulat kaming napatingin kay Maxwell!

"W-What!?" si Yaz.

"Wag ka ng umarte at dito ka na sakin sumabay.." pormal na dagdag ni Maxwell at bakas pa rin ang gulat sa mukha ni Yaz. Nilingon ako ni Maxwell at pinandilatan ako ng mata nung makitang nakangisi ako sa kanya at iiling-iling na natatawa.

"Don ka na Ate! Hindi ka naman masyadong maganda ngayong gabe!" si Naih, itinulak nya pa si Yaz papunta sa kotse ni Maxwell.

"Okay lang rin ba'ng makisabay kami??" si Dein kay Maxwell. Taka namang napatingin si Maxwell sa kanya.

"Sasama ka samin??" si Maxwell.

"Hindi ba pwede??" nakangiting tanong ni Dein.

"Baka may pasok ka pa bukas.."

"Okay lang, kasama ko naman si Randall.."

"Sige.." sabi ni Maxwell at saka pumunta sa passenger's seat at binuksan ang pinto doon. **"Sumakay ka mag-isa.."** sabi nya pa kay Yaz at saka nagderederetso pasakay sa driver's seat.

You're amazingly stupid..

Nasa iisang kotse sila Naih, Tob, Lee at Kim. Nasa iisang kotse naman sina Dein, Randall, Maxwell at Yaz. Kaya naman napatingin ako kay Sensui na agad na ngumuso sakin!

"Ikaw?? San ka??" seryoso kunwaring tanong ko sa kanya.

"S-Sayo.."

"Anong sakin?"

"Sayo ako!"

"Tss.."

"W-Wala akong dala'ng kotse, Babe.. Sasakyan ni Daddy ang dala namin.. Kasya kaming lahat don.."

"Nakamotor ako.." sabi ko at saka naglakad papalapit sa motor ko. Sumakay ako at iniabot sa kanya ang helmet ko.

"A-Ano yan??" takang tanong nya habang nakatingin sa manibela ko. Nangiti naman ako at saka tumingin sa kanya.

"Yung tako ko.."

"Bakit dala mo pa yan??"

"Isasauli ko na sa may ari.." nakangiting sabi ko at nagtaka naman sya. **"Tara.."**

The Barb.

"Oh, Max!" si Brian, kasamahan namin sa TB. Nginitian ko sya at saka inginuso ang VIP Table. **"Don kayo??"**

"Mmm.. at saka dalawang Set A.."

"Naks, mukhang may celebration ah!?"

"Mmm.. naudlot sa bahay e, kaya dito na lang.. Tambay kayo don pagkatapos nyong magtrabaho.." sabi ko pa at tinanguan nya naman ako. Saka kami dumeretso papunta sa VIP Table.

Maraming tao as usual sa TB, karamihan pa rin ay students na coño at bigtime. May mga sumasayaw sa dance floor at may mga gegewang gewang naman sa kung saan saang sulok. Malakas pa rin ang sounds tulad nung dati kaya naman tanga ka kapag nakipagbulungan ka pa.

Now Playing: As If by Blaque

Isa isa kaming nagsipag-upuan at lahat na naman sila ay tumingin sakin na animong nakikipagpakiramdaman pa.

"Tss.. don't look at me like that.." naiilang pang sabi ko at saka iniiwas sa kanilang lahat ang paningin ko.

Natinag na lang ako nung maramdaman ko ang mga kamay ni Sensui na yumakap sa katawan ko!!!

"A-Ano ka ba!?" inis na suway ko sa kanya at ngumuso naman sya!

"B-Bakit?!" nakangusong tanong nya at hindi ko naman sya sinagot! Inis akong tinignan yung mga braso nya at naiilang naman syang inalis yun!

"Para yakap lang e.."

"Tss.."

"Ang sungit mo! Okay ka lang ba?!"

"May magagawa ka ba kung hinde?!"

Natigilan sya at natawa naman ako sa kanya.

"Ayoko na munang pag-usapan yun okay?! Nandito tayo, para icelebrate ang pagkapanalo ko at ang certificate ko.." pilit ang ngiti'ng sabi ko pa at ngumiti naman silang lahat sakin.

Kasunod nun ay isinerve nina Manyur at Brian ang orders ko kaya naman isa-isa kaming nagbukas ng beer at itinaas yun sa ere!

"Para sa tagumpay ni Taguro!!!" si Tob.

Masama ang loob na nakitaas rin ako ng bote ko!

"Para sa tagumpay ni Tagurrroooo!!!!!" sabay sabay pang sabi nila!

"Para sa pinakamayabang sa buong Laguna!!!" si Naih!

"Para sa pinakamayabang sa buong Laguna!!!" silang lahat!

"Para sa PUSO ko!!!!" si Sensui!

Inis akong nilingon sya!!!!!

"A-Ano??" nakangusong tanong nya dahil sa sama ng pagkakatingin ko sa kanya!

"Para sa PUSO ni Sensuiiiiii!!!!!!" natatawang sigaw nina Lee, Tob at Naih!

"Bwahahahahahahahaahahahahahaha!!!" at nagtawanan silang lahat kaya naman nakitawa na rin ako.

"King ina, ito ang trip!!" sabi pa ni Naih! **"Congratulatiooooonnss, Taguro!!"**

"Congratulations, Taguro!!!!" silang lahat!

"Salamat.." nakangiting sabi ko pa at saka kami sabay sabay na tumungga sa kanya kanyang mga bote.

GLOK!*GLOK!*GLOK!*GLOK!

Taka pa akong napatingin nung makita kong bote ng mineral water ang ininom ni Dein. Nakangiting tinignan nya naman ako.

"M-Maaga kasi ang pasok ko bukas.." pilit ang ngiting sabi nya pa at hindi ko naman na sya pinansin pa.

Maya maya pa ay masaya kami na kaming nagkukwentuhan habang umiinom..

"Kinabahan ako e! Akala ko babanatan na ni Max yung Lolo nila Deib e, bwahahahahahahaha!" si Tob. Nakitawa naman kami sa kanya.

"Hindi naman kayang gawin ni Max yun, oy!" si Naih.

"Hahahahahaha! Alam ko! Si Max lang naman yung makikitang mong magalang na bastos hahahaha! Two in one! Hahahahahaha!"

"Pero Max.. yung totoo, napipikon ka na sa Lolo ko??" natatawang tanong ni Dein.

"Muntik na.." natatawa ring tanong ko.

"Kung tumayo sya non habang sinisigawan ang Lolo mo, delikado na yon.." natatawang sabat ni Randall at nakitawa naman kami ni Maxwell sa kanya.

"Kilalang kilala mo talaga ang girlfriend ko e noh?!" nakangusong sabat rin ni Sensui. **"Wag mong kausapin yan Babe.."** bulong nya pa sakin at tinawanan ko naman sya. **"Mas mahal mo ko, Babe, di ba??"**

"Mmm.." pigil ang tawa'ng tugon ko.

"Ohhh!! Hahahahahahaha!!! Mamaya, Babe.. makikita ko na naman yung mga pu----"

Pinigilan ko ang bibit nga ng hintuturo ko at saka ngumiti..

Nagkatinginan kami ni Randall at saka ko ibinato ang tako sa kanya na agad namang ikinagulat nya kahit pa nasalo nya.

"A-Ano 'to??" takang tanong nya.

"Sayo yan.. kaya iyo na.." nakangiting tugon ko.

"Pero M-Max.. s-sayo 'to.."

"Pinaghirapan kong kunin yan para sayo.. kaya kunin mo na.." sabi ko pa kaya naman kahit natitigilan ay binuksan nya na rin yun para tignan.

"Ano yan, Hon??" si Dein.

"Yan yung pangarap nyang billiard cue stick noon.." sagot ko kaya naman tumingin pa muna sakin si Dein bago muling tumingin doon.

"S-Salamat.." alanganin pang sabi ni Randall haban nakangiti kaya nginitian ko na lang rin sya. At saka ako napatingin kay Sensui na sobrang lapit ang mukha sakin at hindi ko na maipinta ang itsura nya sa sobrang busangot nya.

Piningot ko ng bahagya ang ilong nya pero inis pa rin syang ibinalik sakin ang paningin nya!

"Ano???" natatawang tanong ko at nginiwian nya naman ako!

"Pinaghirapan mong kunin yon!?" inis na tanong nya habang nakaturo don sa tako!

"Mmm.." pigil ang tawang tango ko!

"Samantalang ako---ang bilis mong nakuha!"

"A-Ang kapal ng mukha mo.." mahinang tugon ko sa kanya! **"Baka ako ang mabilis mong nakuha!?"**

"S-Sinong may sabi sayo'ng mabilis kang makuha?! A-Alam mo ba kung anong pinagdaanan ko bago ka maging akin!? Tch!"

"Wow.. ikaw pa ang may lakas ng loob manumbat!? E kung sayo ko kaya gawin yung mga naranasan ko sa school noon!?"

"Hindi naman ako lahat ang may kasalanan nun ah!"

"Pero dahil sayo kaya lahat nagkaganon!"

"T-Teka! Teka! Punyeta!" napapahilamos sa mukhang singit samin ni Naih! **"Baka mamaya nyang magsapakan na kayo dyan e!"**

"Kasi yan e!" inis na turo ko kay Sensui!

"A-Anong ako?! Ikaw! Bakit sya may tako! Sasabihin mo pang pinaghirapan mong kunin---sa harap ko!" nakangusong singhal nya pa!

"Bakit?? Nagbibilyar ka ba!?" inis na tanong ko sa kanya!

"H-Hinde!"

"Kita mo na!"

"Tch!"

"Nagseselos ka lang e.." pigil ang tawang sabi ko pa!

"Kasi nagpapaselos ka!"

"Tss! Para sakin walang nakakaselos don! Binigay ko nga yun sa kanya dahil para yun sa kanya! Pinilit kong kunin yun noon para sa kanya!"

"Ayan! Ayan! Inuulit ulit mo pa! Konti pa! Malalagot na hininga ko, Taguro!"

"Ang OA mo!"

"Badtrip ka!" sigaw nya pa sakin kaya naman nginitian ko lang sya. **"H-Hindi mo ko madadaan sa pangiti ngiti mo!"**

"Talaga??" mapanuksong tanong ko.

"H-Hindi nga!"

"Okay.." sabi ko at saka kinuha ang bote ng beer ko.

"H-Hoy! Baka malasing ka!"

"Okay lang.. hindi ka pala madadaan sa ngiti ko e.." malungkot kunwaring sabi ko at tumawa naman sya.

"B-Binibiro lang kita e.. Hehehehe! Gusto ko sakin, bola, Babe.."

"A-Anak ng.. kailangan talaga meron ka rin!?" inis na tanong ko!

"Oo naman! Ex mo meron---boyfriend mo wala?! Ano yun?? Favoritism!?"

"Tss!"

"Edi sige! Wag na! Hindi mo ko mahal!"

"Hehhehe.." ngiting ngiting tinawanan ko sya!

King ina.. hanggang dito nadadala nya ang kaabnuyan nyang yan?, gigil na sabi ko sa isip!

"S-Sige hehehe.. b-bibigyan kita ng bola.. May pirma pa---"

"Ni Jordan!" sabi nya pa!

"Ni Jordan!!!" mayabang na sabi ko pa at mas ngumiti naman sya!

Abnormal..

Masaya kaming nagtuloy sa pag-inom at kwentuhan.

Madaling araw na nung matapos kami at isa-isang nagsisipag-uwian na rin ang mga customers.

"Nakakainis naman kayo! Sana man lang hinintay nyo kami.." nakapamewang pang sabi ni Barb habang nasa parking lot kami, kasalukuyan nyang isinasara ang TB.

"Hindi na.. pare-pareho pa kaming may pasok bukas e.." nakangiting sagot ko.

"O sige.. pero sa susunod Friday kayo pumunta ah! Para walang pasok kinabukasan!"

"Napakaganda mong impluwensya.." natatawang sabi ko pa.

"Aba! Mahirap maging estudyante.. kailangan nyo rin namang magrelax.."

"Sige, next time.."

Isa isa kaming lumapit sa dulong part na yun ng hindi naman kalakihang parking lot ng TB.

"Makikisiksik naman ang mga bakla sa sasakyan!!" sigaw pa ni Beka na sisilip silip sa mga kotse ng mga kasama namin. Natawa naman kami sa kanya.

"Oo nga naman ng makalibre na naman ng pamasahe ang mga bakla!" dagdag pa ni Boy.

"Hahahaha! Oh.. baka pwedeng isabay nyo na 'tong dalawang 'to??" sabi ko pa kay Lee at Maxwell. **"Tig-isa na lang kayo.."**

"Masaya na sa compartment ang mga bakla! Nakakahiyang tumabi sa inyo at hindi mananalo ang ispiritu ng alak sa amoy pawis ng mga bakla!" si Beka.

"O sya pano?? Mauna na kami.." sabi pa ni Barb at pinanood naman namin syang sumakay sa kotse nya habang inuubos ko pa ang sigarilyo ko.

"Ingat.." nakangiting sabi ko pa.

"Tooobbb!!!!!"

Bigla kaming napalingon sa pinagmulan nung malakas na sigaw na yun ni Kim!

"A-Anong nangyari!?" gulat na tanong ko pa na lumapit sa dilim at..

TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!

Kusang bumilis ang tibok ng puso ko nung makita ko ang isa-isang paglabas ng mga lalaki mula sa dilim!

Karamihan sa kanila ay may mga hawak na baseball bat at ang iba naman ay makakapal na kahoy lang!

Bahagya akong napaatras nung makilala ko ang mukha ng karamihan dito!

"Nasan ang kaibigan ko!" sigaw ni Lee at dinuro naman ng isa sa grupo ng mga lalaking yun ng baseball bat si Lee!

"L-Lee! W-Wag kang lalapit sa kanila!" si Naih!

Lahat sila ay nakatingin sakin!

Napatingin ako isa-isa sa kanila at sa tingin ko ay hindi bababa sa bente ang bilang nila!

Wala pa ang mga amo nila..

Demmit!

Gusto kong mapamura ng malakas sa sobrang bilis ng tibok ng puso ko!

Dahan dahang napaatras papalapit samin sina Kim, Naih, Yaz at Dein!

"A-Anong ibig sabihin nito??" malumanay na tanong ni Randall sa kanila! Ngingisi ngisi namang tingnan nung isa sa grupo ng mga lalaki si Randall! **"Nasan yun kasama namin!"** sigaw nya pa at..

T-Tob..

"Tob!!" sigaw ni Sensui at saka mabilis na tumakbo papalapit sa kanya!

"A-Ayos lang ako.." nanginginig na sabi ni Tob habang nakaalalay sa panga at labi nyang dumudugo na!

"Haharang harang kasi e.." nakangising sabi pa nung may pinakamalaking katawan!

"S-Sino yang mga yan??" takot na tanong ni Dein! Napatingin naman sakin sila Naih at Kim, gayon na rin si Yaz! Pero kay Naih ako tumingin..

"M-Mga bata nila Mallyu.." kabadong sagot ko at bumalatay ang pag-aalala at takot sa mukha nya!

"M-Max.. a-andami nila.." gumagaralgal ang boses na sabi pa ni Naih at hindi ko rin mapigilan makaramdam ng takot nung muling tignan ko sila

isa-isa!

"A-Anong ibig sabihin nito??" sabat ni Maxwell kaya naman mabilis akong lumapit sa kanya!

"Taguro!" tawag sakin ni Sensui pero hindi ko sya pinansin!

Tumingin ako sa lalaking nasa pinakagitna at sya'ng may pinakamalaking katawan sa kanila.

Huminga ako ng malalim at pilit na hindi ipinakita ang takot na dahan dahang kumakawala sa katawan ko! Ramdam ko ang takot ng mga kasama ko kaya ganon na lang rin ang takot ko!

"A-Anong kailangan nyo?" malumanay na tanong ko at ngumisi naman bigla ang lalaking tinanong ko!

"Ano sa tingin mo??" makahulugang tanong nya at mas kinabahan ako!

"M-May mga kasama kami.." mahinang sabi ko pa na iniamba sa kanila ng malumanay ang isang kamay ko. **"K-Kung pwede lang.. w-wag dito.."**

"Hahahahahaha!!!!" malakas silang nagsipagtawanan sa mismong harap ko!

Pero pilit kong ipinakita sa kanilang kalmado'ng nakikiusap ako!

"M-May mga kasama kaming babae kaya kung pwede, w-wag ngayon----"

"Maxpein!" sigaw nung malaki ang katawan at napitingin naman ako sa kanya! **"Edi sana hindi na lang rin kami sumugod dito kung pakakawalan ka rin lang namen!!"**

"N-Nakikiusap ako sa inyo.. m-may mga kasama kami.."

"Edi ayos.. marami naman kami e.." sarkastikong sagot nya pa.

"Hahahahahaha!!!!" at malakas na namang nagsipagtawanan sila!

Naramdaman ko ang paglapit ni Randall at Maxwell sa tabi ko.

"A-Anong kailangan nyo samin?" si Randall.

"Ikaw.. at si Maxpein.. at sa tingin ko ay hindi nyo na kami kailangang tanongin kung sinong nagpadala samin.."

Lalong tumindi ang kabang nararamdaman ko sa dibdib ko!

Hindi ko maipaliwanag ang takot na nararamdaman ko!

Hindi ako handa sa bagay na 'to!

Masyado silang marami at panigurado akong may mga nagtatago pa sa dilim na nakapaligid samin!

Hindi kami pwedeng lumaban sa mga 'to.. dahil masyadong maraming madadamay..

A-Anong gagawin ko!?

OceanofPDF.com

CHAPTER 152

DEIB'S POV

Naging napakabilis ng pangyayari!

Nag-uusap lang sila Barb at Taguro nung biglang isigaw ni Kim ang pangalan ni Tob!

Napunta sya sa dilim at tanging si Kim lang ang nakakita sa kanya!

"A-Ano bang nangyari?!" nag-aalalang tanong ni Dein kay Kim! Napatingin naman kami nila Naih at Yaz sa kanya!

"N-Nagulat na lang a-ako.. m-may humila kay T-Tob sa dilim! T-Tapos narinig ko n-nalang may isang malakas na p-palo!!!!" takot na takot at naiiyak ng kwento ni Kim kaya naman hindi ko naiwasan ang takot na mapatingin sa grupo ng mga lalaking biglang sumulpot mula sa dilim!

Sino ba sila??

Agad akong lumapit kay Tob!

"Ayos ka lang, dre?!" nag-aalalang tanong ko!

"A-Ayos lang.. a-ahh!" umiingit pang sagot ni Tob!

Pupungay pungay ang mga mata nya at gegewang gewang na animong lasing ang ulo nya! Ang kanang kamay nya ay kusang umaangat na hindi mo maintindihan!!!!

Matinding pag-aalala ang nangibabaw sakin!!

"Tsk! Sino ba kasi ang mga yan!?" inis na bulong ko pa!

"H-Hindi ko k-kilala ang mga y-yan!!" parang hingal na hingal na animong lasing pa'ng sagot ni Tob!

"W-Wag ka ng magsalita, dre.."

"B-Bigla na l-la-lang a---kong h-hinila nung isa! A-Aray---aaaahhh!!!"

"S-San ang masakit, dre?? Anong ginawa sayo?!"

"H-Hinampas ako ng k-kahoy! T-T*ngina---tumba a--ko!!" sigaw nya na dumura pa sa labas ng kotse!

"Ano?!" hindi makapaniwalang tanong namin ni Lee!

Hinawakan ko ang panga ni Tob at sinilip ang tama ng bibig nya!!

Kaya naman doon ko lang rin napansin ang malaking latay ng kahoy sa pisngi nya!

"A-Ang lakas nung p-pagkakahampas! B-Bulagta agad ako sa s-sobrang h-hilo!" dagdag pa ni Tob!

"W-Wag ka na munang magsalita.. baka makasama pa sayo.." si Lee. **"Pumasok ka na muna sa kotse.. d-don ka na muna.."**

"U-Umalis na tayo dito, d-dre.." nanghihinang dagdag pa ni Tob! Nagkatinginan naman kami ni Lee dahil paniguradong pareho kaming nahahati ang nararamdaman ngayon! Nakapanlulumo ang itsura ni Tob!

P-Pero pano kami makakaalis dito?! Paano kaming makakaalis ng h-hindi magdudulot ng panibagong gulo sa pagitan nila?!

"M-Makikipag-usap muna tayo.." sabi pa ni Lee. **"S-Sa ngayon.. p-palakasin mo muna ang loob mo, dre? Ha?? Ha?? Tob??"** tinanguan lang sya ni Tob.

Ano bang ginagawa nila! Bakit nila ginagawa 'to!

Ang bilis bilis ng tibok ng puso ko at nagsisimula ng manginig ang mga kamay at tuhod ko!

Ang hirap magalit dahil isang sigaw mo lang paniguradong mag-iinit ang ulo ng ilan sa kanila at pwedeng banatan agad kami pare-pareho!

Sisiguraduhin kong pagsisisihan nyo kapag may nangyari sino man samin!

Napakaraming lalaki ang sumugod ngayon sa harap namin at wala akong makilala isa man sa kanila!

Maliliit ang karamihan sa kanila munit malalaki ang mga pangangatawan!

Mas nakapangingilabot ang mga bitbit nilang nagkakapalang kahoy at mga baseball bat!

Ang karamihan ay nakasando ng itim at ang ilan naman ay mga nakapolo ng itim!

Lahat sila ay mga nakapants ng itim rin!

Kampon ng dilim!

"D-Deib.. t-tumawag ka na ng pulis.." bulong sakin ni Noona!

"W-Wag.. Wag.." mahinang bulong ni Parrot at sabay naman kaming napatingin ni Noona sa kanya!

"A-Anong wag?!" inis na tanong ni Noona kay Parrot!

"Kapag nakarinig ng sirena yang mga yan paniguradong susugurin nila tayong lahat! Nakikipag-usap pa sila Maxpein sa kanila kaya

please.. w-wag muna tayo'ng gumawa ng bagay na mas ikapapahamak natin.." si Parrot!

"Pero mga bata lang ang mga yan!" inis na bulong na naman ni Noona!

"Dein---mga bata yan pero utak kriminal ang mga yan! Baka hindi mo alam kung anong kaya'ng gawin sayo ng mga yan!? Hindi sila tulad nung mga grupo ng kabataan na nakikita mo sa kalsada! Iba sila!"

"P-Pano nyo sila nakilala?!"

"H-Hindi ito ang oras para magkwentuhan, Dein! Sa ngayon---kailangan nating pakisamahan ang mga kasama natin! Kailangan h-hindi tayo gumawa ng ikapapahamak natin pare-pareho.. n-nakakasiguro akong sa mga dilim dilim na nakapalibot satin ay may iba pang nagtatago.."

"A-Ano?!" gulat na tanong nung mga bakla sa kanya.

"Mmm.." kabadong tango ni Naih na pasulyap pa'ng tumingin sa mga madidilim na parte na yun ng lugar!

"E pano teh kung.. u-umalis na lang kaya tayo?!" sabat ni Beka. **"T-Tumakas tayo!"**

"P-Pano!?! S-Sabi ko naman sa inyo---h-hayaan na muna natin silang makipag-usap sa k-kanila.. Paniguradong n-nakikipag-usap si Maxpein ng maayos sa kanila.. k-kung tatakas tayo ngayon, mas delikado d-dahil masyado tayong m-marami at mas marami s-sila.. m-maaabutan rin nila tayo panigurado!" kabado pa ring sagot ni Parrot na panay ang sulyap kila Taguro kaya naman napatingin ako kay Taguro!

Kahit pa kasama nyang makipag-usap sa mga lalaking yon sina Randall at Maxwell ay hindi maalis sa dibdib ko ang pag-aalala!

Ang hilig hilig nya pa namang mambara!

Hindi ko na napigilan ang pag-aalala ko kaya naman marahan na akong lumapit munit agad akong piniglan ni Noona!

"Where are you going!?" inis na bulong sakin ni Noona!

"S-Si Taguro---"

"Deib!" sigaw sakin ni Noona at biglang lumingon ang iba sa kanila samin!

"W-Wag ka ngang maingay!" inis na singhal ko pa kay Noona! **"N-Nag-aalala ako para kay Taguro---lalapitan ko sya.."**

"Pero Deib!!" gigil na pigil sakin ni Noona.

"D-Deib.. Wag na.." si Parrot at nilingon naman namin sya. **"H-Hayaan na natin silang tatlo muna ang m-makipag-usap.. H-Hindi ka rin pakikinggan ng mga yan.. a-ako na ang nagsasabi sayo---traydor ang mga yan.. dito ka na lang.."**

"S-Sino ba kasi ang mga yan?!" inis na tanong ko!

"Mga bata nila Mallyu ang mga yan.. yang mga bata ring yan ang humarang sayo noon.."

"A-Ano?!" hindi makapaniwalang tanong ko! **"H-Hanggang n-ngayon ba naman?! Tsk! A-Anong problema nila?!"**

"H-Hindi ko rin alam.."

"A-Anong kailangan nila k-kay Taguro?!"

"H-Hindi ko alam.. hindi ko talaga alam.." nag-aalalang sagot ni Parrot na dahan dahang nilingon muli sila Taguro.

Nasa dalawang dipa ang layo nila sa amin kaya naman hindi namin marinig kung anong pinag-uusapan nila!

"Deib!!" sigaw ni Lee at agad naman kaming napalingon sa kanya!

Mabilis na kumabog ang dibdib ko at kasunod nun ay napatakbo ako papalapit sa kanya!

"A-Anong nangyari!?" nag-aalalang tanong ko!

"S-Si Tob!" nag-aalalang sigaw ni Lee kaya naman agad akong napatingin sa loob ng kotse nya at nakita kong pupungay na ang mga mata ni Tob at dumuduwal na ng dugo!

"Tob!" sigaw ko sa kanya at mabilis syang pinasok sa loob! **"D-Dre! Dre!!!"** sigaw ko pa habang hawak hawak ang pisngi nya!

"Kailangan natin syang dalin sa ospital!" sigaw ni Noona! **"W-Wag nyo masyadong galawin ang ulo nya!!"**

"Maaaax!!!" sigaw ni Kim!

Dali dali'ng lumapit si Taguro samin at tinignan si Tob!

"Tob! Tob!" kalmadong tawag ni Taguro sa kanya!

"A-Ayos l-lang ako---hhhuuuuuk!!!"

"Tooob!!!!" malakas naming sigaw ng pangalan nya!

"T-Tob.. gising!" si Naih!

"Umalis na kayo!" utos ni Taguro!

"A-Ano?!" gulat na tanong ko pero hindi nya ako tinignan!

"P-Pero pano kayo!?" si Lee!

"Wag kami ang isipin nyo! Umalis na kayo dito!" utos ni Taguro!

"T-Taguro.."

"Kailangan nyang madala sa ospital.." bakas ang pag-aalalang sabi pa ni Taguro at saka muling nanginginig na bumaling kay Tob! **"T-Tob.. s-saglit na lang.. w-wag kang bibitaw.. saglit na lang.. ipadadala na kita sa ospital.. okay??? Tob?? Okay???"** nag-aalalang tanong nya pa at tirik na ang mga mata'ng tumango ng bahagya si Tob sa kanya!

A-Anong gagawin ko?!

P-Parang awa Nyo na po.. w-wala naman po sanang mangyari'ng masama sa k-kaibigan ko..

"Pakshet!!!" gigil at malakas na sigaw ni Taguro!!!!!

Kitang kita ko ang galit at gigil sa mukha nya!

At saka sya mabilis na lumabas ng kotse at kaya naman dali dali akong sumunod ng tingin sa kanya!!!!

"Maxpein!!" sigaw ko sa kanya nung biglang sumugod sya pabalik sa mga lalaking yon!

Mabilis rin akong sumunod sa kanya!!

"Umalis na kayo!!" malakas na sigaw ni Taguro sa lalaking yun na nasa gitnya at syang may pinakamalaking katawan sa kanila! Baseball bat ang hawak nya!

"Nakikiusap ako! Ngayon lang! Huwag ngayon!" sigaw ni Taguro at tumalikod pero...

"Masyado namang mabilis uminit ang ulo mo, Maxpein?!" sarkastikong tanong nung lalaking yon na nasa gitna at nanlilisik naman ang mga mata'ng nilingon sya ni Taguro!

"Sige.. Kaming dalawa ni Randall?! Deal.. Magpapaiwan kami---pero paalisin nyo ang mga kasama namin!"

"Max!" sabay sabay na sigaw namin nina Maxwell at Randall!

"A-Anong magpapaiwan!?" galit na ring tanong ko na hinawakan pa sya sa braso pero mabilis nya'ng inalis ang sarili sa pagkakahawak ko!

"Bumalik ka don.." mahinang utos nya pa habang nasa kaharap pa rin ang paningin.

"P-Pare.. kailangan naming dalin sa ospital yung kasama namin.." sabat ni Maxwell!

"Wala namang problema samin.. dalhin nyo sa ospital kung gusto nyo---basta maiiwan ang dalawang 'to dito!" turo pa nito kina Taguro at Randall! **"Medyo napalakas nga ang palo ng kasama ko sa isang yun.. wag nyo masyadong galawin ang ulo't baka lalong mapasama.."** tatawa tawa pang sagot nya!

"Huling pakiusap.." nanggagalaiting usal ni Taguro at sabay sabay kaming nilingon sya nila Maxwell at Randall! Iniangat ni Taguro ang paningin nya sa kaharap at saka nakipagtitigan ng deretso doon! **"Hayaan nyong makaalis ang mga kasama namin!"**

"Sige!!!" malakas na sigaw nung lalaki na inilahad pa ang magkabilang kamay nya! **"Paalisin nyo na!"**

King inang yan! Anong sunod na mangyayari!?!

Humarap sakin si Taguro at bahagya akong hinila papalayo sa kanila, nag-aalalang tumitig naman ako sa mga mata nya!

Hinawakan nya ako sa pisngi kaya naman mas bumilis pa ang tibok ng puso ko!

"T-Taguro.." mahina at nanginginig na naiusal ko!

"D-Dalin nyo si Tob sa ospital.. H-Hinampas sya sa ulo at delikado yun.. b-baka mapano sya---"

"Pero pano ka?!" nag-aalalang tanong ko at napabuntong-hininga naman sya.

"H-Hindi kami makakatakas sa mga 'to---"

"Hinde!" sigaw ko at natigilan sya! **"Hindi ako aalis dito!"**

Malakas na hinila nya ako papalapit sa kanila!

"Ano ka ba!" mahinang sigaw nya sakin! **"Hindi mo kilala yang mga yan!"**

"Kahit pa! Hindi ko na sila kailangang kilalanin dahil nakikita ko na kung ano sila! Hindi kita iiwan dito! Hindi kita pababayaan!"

"Wala kang magagawa Deib!!!"

Natigilan ako ng matindi!

Na ultimong pagtibok ng puso ko ay lumundag sa at isang segundo'ng hindi tumibok!

"M-Makinig ka sakin..." pigil ang galit pang pakiusap nya na hinawakan ako sa magkabilang pisngi! **"K-Kakausapin namin sila at w-walang mangyayari samin.. sa ngayon---kailangan nyong madala si Tob sa ospital---"**

"Ayoko nga!"

"Deib!"

"Ayoko!!!!" malakas na pagpupumilit ko at sobrang inis nya ay napaikot pa sya habang nakahawak sa noo nya!

"Bakit ba ang tigas ng ulo mo!" galit na talagang sigaw nya sakin!

"H-Hindi kita kayang iwan dito!"

"Baka mapano ang kaibigan mo!"

"Pero ikaw ang girlfriend ko!!!" nangingilid ang mga luhang sigaw ko! **"H-Hindi kita pwede'ng pabayaan dito, Taguro!"** nagsisimula ng mangilid ang mga luha sa mga mata ko kaya naman muli nyang hinawakan ang mga pisngi ko.

"W-Wala silang gagawin sakin.. n-naiintindihan mo?? N-Nakakasiguro ako---madadaan pa namin sa pakiusapan ang mga 'to.. Sa ngayon, dalhin nyo na muna si Tob sa ospital.. b-baka hindi na sya umabot.."

"P-Pero----"

"Hooooyyyy!"

Sabay kaming napalingon sa pinanggalingan namin nung may biglang sumigaw doon!

Natigilan ako nung makita ko ang isang pamilyar na mukha!!!!

SI CHOCO!!

C-Choco?

Hindi ako makapaniwala sa nakita ko!!!

"A-Anong ginagawa nyan dito?" mahinang usal ko habang na kay Choco ang paningin!

Tatawa tawa syang tumingin sa amin!

Hinila ko si Taguro papalapit sakin!

"Maghuhukom na't lahat---naglalambingan pa rin kayo?!" tatawa tawa pang tanong nya habang nagpapalipat lipat ang tingin saming dalawa ni Taguro!!!! **"T*anginang yan!"**

Demmit!!

Bumaling sya sa mga kasama nya at saka binatukan ang isa!

"Bakit hindi nyo pa tinira---mga tanga!!" malakas na sigaw ni Choco sa kanila!

"Eh B-Boss----"

"Nakikipag-areglo pa kayo---mga bobo!!!!" sigaw na naman ni Choco na muling binatukan ang isa!

"Y-Yung mga k-kasama daw po kasi nila Boss, p-paalisin daw namin----"

"Bobo! Inutil!! Nililinlang ka na---nagpapalinlang ka naman--tangaaa!"

~TOOOOKKK!!!!~

Muling binatukan nya yung lalaking yun na nasa gitna!

At saka mabilis na inagaw ang baseball bat sa isa at...

TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!

Dahan dahang napaatras sina Maxwell at Randall papalapit sa gawi namin!

Kaya naman marahan rin akong umatras at dahil yakap ko si Taguro ay kusang sumunod ang katawan nya sakin habang dahan dahang lumapit samin si Choco na hinihila pa mula sa lupa yung baseball bat na inagaw nya!

Munit sa iilang segundo ay mabilis na kumilos si Choco!!!

"Aaaaaaahhhhhhhh!!" malakas na nagsipagtilian ang mga babae!

Sinugod ni Choco si Maxwell na agad namang sinangga ni Randall!!!

Akmang hahampasin ni Choco ng baseball bat si Randall kaya naman mabilis syang sinipa sa tiyan ni Randall at isa-isa ng nagsipagsuguran ang lahat!

Para akong natameme sa mga nakikita ko at hindi ko namalayan ang isang mabilis na paghila at tulak sakin ni Taguro papalapit sa mga kasama namin!

"Umalis na kayo!" nagmamadaling sigaw ni Taguro kila Parrot!!!!

Hindi ko alam ang gagawin ko!!!!!

Dinig na dinig ko sa mga tenga ko ang malakas na kabog ng dibdib ko!

"Lee! Susi!!!" sigaw ni Taguro at ibinato naman agad ni Lee sa kanya yun! At saka mabilis na pumasok sa loob ng driver's seat at saka in-start ang kotse! **"Dalin mo si Tob sa ospital! Ngayon na!"**

"Oo!" si Lee!

"Sumama ka Kim!" utos pa ni Taguro dito!

"N-Naih.." nag-aalalang tawag ni Lee kay Parrot!

"H-Hindi ako pwedeng umalis dito.. dalin mo si Tob sa BIS.. bilis!" utos ni Parrot kay Lee na wala namang magawa!

At saka bumaling si Taguro sa mga bakla na umiiyak na sa takot!

"B-Barb.. d-dalin mo yung kaibigan namin sa ospital.. i-ikaw na muna ang bahala.. Wag mo silang iiwan.. please??" si Taguro.

"O-Oo! Oo! Oo!" sunod sunod na sagot nito at saka bumaling si Taguro kay Jep na mas kalmado kumpara kay Barb!

"J-Jep.. tumawag ka ng pulis.." utos ni Taguro at nilingon ko naman sya. **"S-Siguraduhin mong bago kami mamatay dito ay darating kayo.."**

"Oo! Sige! Mag-iingat ka.." si Jep at tinanguan naman sya ni Taguro at saka sinenyasan silang umalis na!

"M-Max.. m-mag-iingat kayo.." sabi pa nina Boy at Beka at mabilis naman syang tinanguan ni Taguro!

Sumakay si Kim at Lee sa kotse at saka mabilis na pinaandar yun!!

Nakita ko pang inilabas ni Taguro ang cellphone nya at nagpipindot ng mabilis doon habang panay ang lingon kina Randall at Maxwell!

Napakabilis ng mga nangyayari pero parang ang lahat ay nag-i-slow motion sa paningin ko!

"T-Taguro.." pigil ko kay Taguro nung akmang susugod na sya sa mga yon! Kitang kita ko ang galit sa mga mata nya pero batid kong nag-aalala rin sya! **"N-Natatakot ako.."**

"Bakit??"

"A-Anong bakit?!" inis na tanong ko!

"Tss.. hindi ka naman nila gagalawin!"

"H-Hindi yon! Ikaw! Ikaw ang kinakatakot ko!" inis na sagot ko!

"Kung nakinig ka sakin---mas ligtas na tayo pare-pareho!" inis na sagot nya at saka hinila ang braso nya!

"T-Taguro!" tawag ko pa pero hindi nya ako pinansin!

Taka pa akong napatingin nung lingunin nya si Yaz!

"Yaz.." tawag ni Taguro sa kanya at naghawak pa sila ng kamay!

"Sige.."

"Ikaw ang bahala sa kanila.." maawtoridad na utos pa ni Taguro kay Yaz kaya naman gulat pa akong napatingin ng salubong ang kilay pa'ng tumango si Yaz sa kanya!

Tinignan pa kami ni Taguro isa-isa at saka sumugod sa kanila!

"Taguro.." naiusal ko pa!

At ang sumunod na nangyari ay GULO na!!!

"D-Dito kayo!!" sabi pa ni Yaz na hinila ako at si Noona!

"Oh my God! I c-can't believe this!" sigaw pa ni Noona! **"R-Randall!!!!"** sigaw nya pa habang si Randall ay may hawak ng baseball bat at panay ang palo sa mga sumusugod sa kanya! **"God, please s-save us!! R-Raaaaandall!!!"** umiiyak nang sigaw ni Noona!

Nakatuon naman ang paningin ko kay Taguro na wala pang hawak na kahit ano pero nakakailag sa mga banta'ng hampas at palo sa kanya!

Para akong mababaliw sa napapanood ko!!!

"H-Hindi pwede 'to.." mahinang bulong ko sa sarili!

K-Kailangang m-may magawa ako!!

Tumakbo ako papalapit sa kanila pero...!!!

"W-Wag!!! Dito ka lang!!!" bigla akong hinila ni Yaz at sumunod si Parrot na hinila rin ang isang kamay ko! Galit akong nilingon sila!

"Hindi ko pwedeng pabayaan si Maxpein!" sigaw ko!

"D-Deib! Wag!" sigaw ni Noona na hinila rin ang damit ko!

"B-Bitiwan nyo ko!" pilit akong kumawala sa kanila pero biglang may lumapit samin!

Mabilis na binitiwan ako ni Yaz at siyang humarang sa harapan namin na akmang naghahanda sa banta'ng pagsugod sa kanya ng isang lalaking yun!

"Mukhang may ibubuga ka.." nakangisi pang sabi nung lalaking lumapit samin at nginisian naman sya ni Yaz! **"Yaaa!"**

~BLAAAAAAAAG!!!~

Gulat kaming napatingin kay Yaz na mabilis na inilagan ang akmang paghampas sa kanya nung lalaki at nung maagaw nya ang mataba'ng kahoy dito ay dalawang beses nyang ipinukpok yun sa ulo nito!!!

Mabilis kong tinanaw sila Taguro at..

M-Maldo andwae..

Hindi ako makapaniwala sa nakikita ko..

Parang pinipisil ang puso ko na hindi ko maintindihan!

Hindi ko naiwasang maibuka ang bibig ko habang magkasalubong ang mga kilay ko'ng pinapanood sila Taguro, Maxwell at Randall!

"Wag kang susugod basta basta don dahil mapapahamak ka lang!!!" sigaw sakin ni Yaz pero ni hindi ko man lang sya nagawang lingunin!

Nanatili ang paningin ko kila Taguro at halos lumuwa ang mga mata ko sa sobrang pagtingin sa kanila!

Para akong nanonood ng isang madugo'ng bakbakan!

Bawat lumalapit sa kanilang tatlo ay sinusuklian nila ng suntok, sapak, sipa, tadyak----at lahat yun ay hindi ko mapaniwalaang nakikita at napapanood ko!

P-Paano n-nangyari'ng m-marunong silang makipaglaban ng g-ganito?

Isa-isa ko silang pinanood at hindi ko maipaliwanag kung paanong ang kaba ko ay napalitan ng pagkalito..

Napakalakas ni Maxwell..

Wala ni isang amba'ng hampas ng baseball bat at kahoy ang dumapo sa katawan nya! Mabilis nyang napipigilan sa braso ang bawat kamay na

nagbabadyang lumapit sa kanya at saka MALAKAS na susuntukin ang nagmamay-ari nito!

Napakabilis ni Randall..

Ni hindi sya magawang lapitan nino man dahil sya na mismo ang lumalapit para banatan ang isa at matapos ang isa ay may kasunod na namang isa!!! Hindi man lang rin sya nadapuan ng alinman bagay pamalo ng mga kalaban nila dahil agad nya itong naiiwasan sa sobrang BILIS nya!!

At si Maxpein..

Hindi ako makapaniwala sa nakikita ko..

Ang dalawang bagay na nakikita ko kila Maxwell ay Randall ay nasa kanya..

P-Paano nya nagagawa 'to?

I-Ito ba talaga yung Taguro'ng nakilala ko?? O i-ito yung M-Maxpein na s-sinasabi nila'ng.. h-hindi mabuting tao?

I-Ito na ba yung s-sinasabi mong.. nananakit ka ng tao?

Parang nagflashback sa paningin ko yung lakas ng pagkakasapak nya noon kay Choco!!!!

At kasabay ng alaalang yun ay mas tumulin ang tibok ng puso ko!

Napakabilis ng nangyayari pero pakiramdam ko ay napakabagal ng lahat sa paningin ko!

Bawat sipa'ng gagawin ni Taguro sa kaharap nya ay nag-i-slow motion sa paningin ko!

"T-Taguro!" naiusal ko pa nung akmang may hahampas mula sa likod nya munit mabilis nya itong nilingon!

Hinawakan ang kahoy na hawak nito---HINILA at saka malakas na SINIPA sa leeg!

~BLAAAAAAGGG!!!!~

~BLAAAAAAGGG!!!!~

"Argh!!" malakas na sigaw nung isa nung ihampas ni Randall sa sarili nito ang mismong hawak na baseball bat!

~BLAAAAAAGGG!!!!~

~BLAAAAAAGGG!!!!~

"A-Aaaaaaaahh!!!" gigil sa sakit na sigaw naman nung isa nung gigil na hawakan sya ni Taguro sa buhok at bahagyang itulak at saka UMIKOT si Taguro at malakas syang SINIPA sa panga!!!!

"Anong tinitingin tingin nyo dyan!!" malakas na sigaw ni Choco sa iba pa nilang kasama! **"Sugurin nyo!"**

"T-Taguro.." naiusal ko pa!

"Tatatlo tatlo yan hindi nyo matalo!!!!" galit pang sigaw ni Choco sa mga kasama nya!!! **"T*ngina mga BOBO!!!"** sigaw nya pa at saka nilingon kami!

~BLAAAAAAGGG!!!!~

Mulng mabilis na humarang si Yaz sa harapan namin na animong proprotektahan kami sa ambang paglapit ni Choco! Kaya naman mabilis akong tumabi rin sa kanya at hindi nagpakita ng takot habang nakatingin kay Choco!

"Sugurin nyo yung mga yon!!!" sigaw na utos ni Choco sa mangilan ngilang lalaking natitira sa tabi nya!

Demmit!!

Napahawak ako kay Noona at pilit syang inilalayo sa pagsugod nung tatlo samin!

"D-Deeeeiiib!!" malakas na sigaw ni Noona nung akmang hahampasin na kami ng kahoy nung tatlo!

"A-Atteeeee!" malakas na sigaw ni Parrot!

"A-Ahhh!" sigaw ko pa nung isangga ko ang kaliwang braso ko at saka pilit na agawin ang kahoy na yun mula sa kanya!

Munit natigilan ako nung biglang humarang si Yaz sakin ay kunin ang braso nung sumugod sakin at saka animong bihasang pinagsisipa ang mga ito!

Tulad ni Taguro ay mabilis pa syang umiikot at saka malakas na pinagsisipa sa leeg ang mga ito!

TUMBA YUNG TATLO!

"W-What the.." hindi makapaniwalang usal ko at tinignan lang ako ni Yaz at saka muling binakuran kami gamit ang dalawang kamay nya!

A-Anong klase'ng mga tao 'to?

RANDALL'S POV

"Yaaaaaaa!!!" sigaw pa nung isang pasugod sakin kaya naman mabilis kong isinangga ang braso ko sa kamay nya at saka...

~WAAAAASSSSSKKK!!!~

Binali ang braso nya!

"Aaaaaaahhh!!" malakas pang sigaw nito!

"Waaaatttaa!!"

Kinuha ko ang isang kahoy na natapakan ko at saka pinagpapalo ang bawat lalaking nakatalikod sakin!!!!!

~BAAAAAGGGGGG!!!!!!!~

~BAAAAAGGGGGG!!!!!!!~

"Raaa!!!!" sigaw nung isa na pinanood ko pang sumugod kay Maxpein!

~BLAAAGGG!!!!!!!!!~

Tumalon si Maxpein at ibinanda pa ang sariling paa sa likod ng isa at saka sinipa sa ere ang mukha nung pasugod sa kanya!!!

Natatawa pa akong napatingin sa kanya nung makita kong umuubo ubo pa ng dugo yung tumimbawang na lalaki!

Kakaibang babae.. tsk tsk..

"Yaaaaa!!!" sugod sakin nung isa munit isang hampas ko lang ng kahoy ay tumumba na sya!!!!

UBOS..

Pare-pareho kaming habol habol ang hininga habang tinitignan isa-isa ang mga katawang nakabulagta na sa harap namin!

Nung walang tumayo maski isa ay saka gitil na gitil na tumingin si Maxpein kay Choco!

"Tigilan mo na, Choco!" sigaw ni Maxpein sa kanya! **"Ayaw namin ng gulo!"**

"Ha! Kung kelan inubos mo ang mga bata ko!?" gitil ring sigaw ni Choco sa kanya! **"Gago!"**

"Tigilan mo na 'to!!!"

"Manahimik ka!!!"

"Itigil mo na! B-Bago pa may madamay na iba---itigil mo na!"

"Hindi ako titigil---Maxpein!!!"

"Nakikiusap ako sayo, Choco---tigilan mo na kame!"

"Sinabi ng manahimik ka!!" galit na galit pang sigaw nya!

"Wala kang mapapala sa ginagawa mo!"

"Meron!!!" galit na sigaw ni Choco sa kanya! **"Meron! At alam mo kung ano yun!? Satisfaction. Yung simpleng mahampas ka lang ng kahoy sa ano mang parte ng katawan ,o ay pumapalakpak na sa tuwa ang puso ko----at yung makita kitang bumulagta gaya ng ginawa mo sa mga bata ko----daig ko pa ang tumama sa Lotto!!!!!"**

"T-Tigilan mo na.." napapalunok na pakiusap ni Maxpein.. **"P-Parang awa mo na.. n-nakikiusap ako sayo.. K-Kahit lumuhod ako ngayon dito---magmamakaawa ako sayo.. G-Gagawin ko lahat yan, Choco.. p-please.. Please.. t-tama na.."**

"Ha! Hahhahaha!!!" malakas syang tinawanan ni Choco!

"C-Choco.. p-pag-usapan natin 'to.. N-Natatakot na ang mga kasama ko---"

"Natatakot ang mga kasama mo?? O ikaw?? Hahahahahahahahaha! Tandang tanda ko pa kung ilang beses mo kong sinapak, Maxpein.. Malinaw pa ang lahat ng mga ginawa mo sa isip ko kaya kahit na dukutin mo ang mga mata mo ngayon sa harap ko ay hindi ako makakaramdam ni kaunting awa para sayo---at hindi ako magdadalawang-isip na lumpuhin kayong lahat ng mga kasama mo!!!!" sunod sunod na sigaw nya at natigilan naman si Maxpein at napatitig sa kanya habang naghahabol pa rin ng hininga!

"W-Wag mo h-hayaang pangunahan ka ng galit mo, Choco.. nakikiusap sayo---"

"Manahimik ka na sabeeee!!!!!"

"C-Choco.. h-huling pakiusap.. parang awa mo na.. tama na.."

"T*ngina mo---tigilan mo na ang pakikiusap mo baka patayin kita ngayon dito!!!!!" sigaw nya na akmang hahampasin si Maxpein munit umatras si Maxpein papalayo sa kanya!

Nagtitigan sila at saka galit na napapunas si Maxpein sa mukha nya at saka muling sinulyapan ang mga nakahiga at bulagta na sa lupa!

"Mag-isa ka na lang, Choco.." pigil ang galit na tugon ni Maxpein at ngumisi naman agad ito!

~PITIK!~

Pumitik sa ere si Choco at saka namin naingat ang paningin namin at napatingin sa harap at gilid namin!

"Oh.. fvck.." mahinang usal ko.

May panibagong grupo ng mga nakaitim na lalaki ang naglaabasan mula sa dilim!

Hindi sing dami ng kanina pero alam kong pagod na kami pare-pareho kaya naman kinabahan ako sa nakita ko!

"P-Pein.." dinig kong bulong ni Maxwell at saka kami sabay sabay na umatras!

"Ano?! Hahahahahaha! Ngayon mo sabihing nag-iisa na lang ako?!" sarkastiko pang tanong ni Choco!

Nagpatuloy kami sa pag-atras at nagpatuloy rin sila sa paglapit!

"Tama na!" sigaw ni Maxwell!

"Bakit?! Pagod ka na ba?!" nakakalokong tanong pa ni Choco! **"Appetizer lang yun kanina! Ito ang main course!"** sarkastikong sabi

nya na itinuro pa ang mga kasama at saka nawala ang mga ngiti sa labi nya! **"Tapusin yan!"** malakas na utos nya sa mga ito!

"Kapag natapos 'to---magtago ka na, Choco!" sigaw ni Maxpein sa kanya!

Damn it!!!

Wala akong choice kung hindi labanan ang sumugod sakin!

"Yaaaa!!"

~BAAAAMM!!!~

~BLAAAGGG!!!!~

~PAAAAKKKK!!~

"Raaaaa!!!!!"

~BAAAAAM!!!~

~BLAAAAGGG!!!!~

~PAAAAKKK!!~

"Waatttttttaaaaa!!!!"

~BAAAMM!!!~

~BLAAGG!!!!~

~PAK!!~

"Hup!" naiusal ko pa sa pag-ilag ko pero.. **"A-Aaaaah!"** malakas na sigaw ko pa nung tamaan nya ako sa siko! **"G-Gago ka ah!"** sigaw ko pa at saka malakas na pinagsasapak sya!

"Yaaa!" sugod sakin nung isa na mabilis kong inilagan pailalim at saka binigyan ng paangat na sapak sa panga!

"A-Aaah!!" ingit ko pa nung maramdaman ang sakit ng kamao ko!

Napapagod na ako!

Nararamdaman ko na ang unti-unti'ng panghihina ko!

May mga tama na rin ang iba't ibang parte ng katawan ko!

'ero hindi ako pwede'ng basta huminto..

"A-Aaahh!!"

"A-Aaaahh!"

Tumimbawang ako ng dahil sa isang napakalakas na hampas mula sa tagiliran ko!

"Randaaall!!" dinig kong sigaw ni Dein!

A---raayyy!!

NAGPAIKOT IKOT AKO SA LUPA SA SOBRANG SAKIT!!

Sobrang sakit ng buto ko bandang ilalim ng kili kili at nagpagulong gulong pa ako sa lupa sa sobrang sakit non! Tinamaan ang ribs ko!

"A-Aaaahhh!" naisigaw ko pa nung biglang may tumapak doon!!!! **"Aaaah!!"** malakas na sigaw ko nung diinan nya yon!!!!

"R-Randal!!" dinig kong umiiyak ng sigaw ni Dein!

W-Wag kang lalapit dito, Dein!!

Dinig na dinig ko pa ang ingay ng ibang lalaki sa sakit habang habol habol ko ang hininga ko at nagpapaikot ikot na naman ako sa lupa!

"Yaaa!"

"Noo!!" malakas na sigaw ni Dein!

Naiharang ko ang dalawang kamay ko sa akmang paghampas ng isa ng baseball bat sa ulo ko!!!!

Nung hindi ko maramdaman yon ay mabilis kong inalis ang pagkakaharang ng mga kamay ko sa ulo ko at tinignan kung anong nangyari!!!

Sinangga ni Maxwell ng hawak nyang baseball bat ang akmang hahampas na bat na yun nung isa sakin at saka animong nakipag-espadahan dito at itinulak ito ng malakas at saka sinipa sa dibdib!

Mabilis syang tinulungan ako patayo pero sadyang hinang hina na ako!!!

Magkatalikod kaming dalawa ni Maxwell habang nakaamba ng suntok at nag-aabang ng susugod samin pero pakiramdam ko ay umiikot na ang paningin ko!

"Ayos ka lang!?" malakas na tanong ni Maxwell sa likod ko habang nagpapaikot ikot kaming dalawa sa mga nagbabadyang sumugod samin!

"K-Kaya pa!" sagot ko!

"Mag-iingat ka!" sabi nya pa at saka ko naramdaman ang pag-alis nya mula sa pagkakasandal sa likod ko kaya naman mabilis akong sumugod sa isa'ng yun na nasa harap ko!

"Argh!!!" sigaw nung sinipa ko!

~BLAAAGG!!!!!!!~

~BAAAM!!!!!!~

UBOS!!

Pero kahit ubos na sila ay parang tutulo na ang luha ko sa sobrang suko!

Sukong suko na ang katawan ko kahit na gustong gusto pang lumaban ng utak ko!

Hingal na hingal na napayuko si Maxpein sa magkabilang tuhod nya habang ang nakatingala kay Choco!

"Tama na!" sigaw ni Maxpein sa kanya habang ako ay nakahiga sa lupa at naghahabol rin ng hininga!

Kitang kita ko ang sunod sunod na patak ng dugo mula sa ulo ni Maxpein paibaba sa bandang tenga nya!

Si Maxwell naman ay putok na rin ang labi at ang isang mata!

At ako naman..

HINANG HINA NA!

Pero pano ako hihinto sa ganitong lagay!? H-Hindi nila kakayanin ang mga 'to ng sila lang dalawa!

"Eh pano ba yan?! Meron pa??" tatawa tawa'ng tanong pa ni Choco at bahagyang iniangat ko naman ang paningin ko at nakita ko at anim na tao'ng pasugod na naman!!!

S-Sila?!

Kahit madilim ay kilala ko ang tindig nila Mallyu at Yago! Yung iba pa nilang kasama ay mga hindi ko na kilala!

"Mallyu!!!" sigaw ni Choco!!!

Pinilit kong tumayo at buong pwersang pinulot ko ang bat na yun na nasa paanan ko!

Hingal na hingal na napatitig pa ako sa kanila!

Halos mainom ko na ang bawat magkahalong pawis at dugo na patuloy na tumutulo sa kabuuan ng mukha ko!

Walang hinintay na oras yung apat pa nilang kasama at mabilis na sumugod samin!!

"Aaaaah!"

"Yaaaaaaaa!"

"Raaaaa!!"

"Aaaahh!"

"Mallyu! Yago! Sugurin ang mga yon!!!" sigaw ni Choco na itinuro sila Dein!!!

Damn it!!

Mabilis ko silang pinigilan munit may dalawang pasugod rin sa akin!

Buong pwersang sinugod ko rin sila at sa isang hampas ay napatumba ko ang isa munit!!!

~BLAAAM!!!~

"A-Aaaahhh-----uuuggghhh!" malakas na tumimbawang ako sa malakas na palo na yun mula sa likod ng tuhod ko!!

Sa sobrang sakit ay namanhid ang buong paa ko!!!!

"Raaandall!" dinig kong sigaw na naman ni Dein pero umikot ang paningin ko at tanging ang mga bituin sa langit ang nakikita ko habang

iniinda ang sakit at malawak na ibinuka ang bibig ko sa sobrang paghigop ng hininga! **"Tamaa naaa! P-Pleasee!!! I-I'm begging you---stop it!! Stop!! Oh Goooodd!!!"** sigaw pa nya! **"B-Buntis ako!!! W-Wag nyong sasaktan ang Daddy ng baby ko! Tama na!"**

TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!

B-Buntis ako!!! W-Wag nyong sasaktan ang Daddy ng baby ko! Tama na!!

Nagpaulit-ulit ang isinigaw na yun ni Dein sa tenga ko!

HUMINTO ANG PALIGID KO!

Pilit kong itinuon ang siko ko para mapatingin sa kinatatayuan nila Dein at sinenyasan sya'ng huwag lalapit!

Huminto ang kaninang sigawan at ingay na naririnig ko habang tinatanaw mula sa sitwasyon ko si Dein! Tanging ang matining na tunog na lang na yun sa pandinig ko ang naririnig ko munit patuloy na nagpapaulit-ulit sa isip ko ang mga katagang binitiwan ni Dein!

B-Buntis ako!!! W-Wag nyong sasaktan ang Daddy ng baby ko! Tama na!

"D-Dein.." mahina at impit na usal ko!

Nahinto sa ginagawa ang lahat at hindi makapaniwalang napatingin kay Dein na kasalukuyang umiiyak at nakaluhod na sa pagmamakaawa!

"P-Parang awa nyo na! T-Tama na!!!" sigaw pa ni Dein sa kanila! **"I-I'm begging you p-please... please..."**

Tanaw na tanaw ko kung paanong takot na takot sila Dein at Naih habang si Deib at Yaz naman ay sabusabunot sa ulo nina Yago at Mallyu!

Panandaliang huminto ang pag-ikot ng paningin ko at pilit na iniintindi ang sinabi ni Dein na patuloy pa ring nagpapaulit-ulit sa pandinig ko!

"B-Buntis ako.." pagmamakaawa pa'ng muli ni Dein! **"Tama na.. Please.. Tama na! Tama na! Tama naaaa!!!!!"** umiiyak ng sigaw nya pa!

"Buntis ka?! Anong pakialam ko?!" si Choco! **"Gago ka pala e! Bakit?! Ako ba ang ama!?"** gigil na gigil pang sigaw nya!

"Aaaah!!"

Napalingon ako kay Maxwell at tulad ko ay napaluhod rin sya sa sobrang lakas ng pagkakapalo ng isa sa likuran ng tuhod nya at...

~BLAAG!!~

MALAKAS RING HINAMPAS ANG LIKOD NYA!

"M-Maxwell!" sigaw ni Yaz munit mas sinabunutan pa sya ni Yago!!! **"B-Bitiwan mo ko!!!"** nagkukumawala pang sigaw ni Yaz!!!

Muling nagsimula ang gulo at tanging si Maxpein na lang ang nakatayo saming tatlo!

Wala na akong lakas pero pilit kong itinatayo ang sarili ko!!!

~BLAAAG!~

"Aaaaahh!" sigaw ko nung sipain ni Choco ang likod ko!

~BLAAAAG!!~

At isang SIPA pa sa mukha ko at lasa'ng lasa ko ang dugo'ng tumalsik mula sa bibig ko!

"Mga bobo!!!" dinig kong gigil na sigaw pa ni Choco!

Pilit kong ibinuka ang isang mata ko at kay Maxpein unang tumama ang paningin ko na patuloy na nakikipagsuntukan sa dalawang yun na panay rin ang palo sa kanya munit hindi nya iniinda!

Alam kong pagod na rin sya at nanghihina!

T-Tama na..

Kaya naman tuald ni Maxwell ay muli akong pilit na tumayo munit bago pa man ako tuluyang makatayo ay...

"A-Aaahh---ugh!!!!" tumimbawang sa katawan ko si Maxwell!!!! **"H-Haaaa... H-Haaaa!!"** dinig na dinig ko pa ang paghahabol nya ng hininga kasabay ng impit na sakit na nararamdaman nya!

"M-Max..w-weelll..." hirap na hirap na'ng usal ko!

Pero hindi na nya ako nagawang sagutin pa!

Pilit kong inalis ang kalahati ng katawan ko mula sa pagkakadagan ni Maxwell at muling tinignan si Maxpein at kitang kita ko kung paanong tinalunan nya ang likod ng kotse ko at saka sabay na sinipa sa ere ang parehong ulo ng dalawang yon na sumugod sa kanya!

G-Ganyan nga, Pein.. ganyan nga..

Hinang hina na ako at dahan dahan ko ng nararamdaman ang mga sakit sa iba't ibang parte ng katawan ko!

Parang maiiyak na ako sa sobrang sakit na nararamdaman ko mula balat hanggang buto!!!

S-Sorry, Maxpein.. s-sorry..

A-Aaaaahh!!!! A-Arrayy!

Napapaiko ako sa lupa sa twing mararamdaman ko ang kirot sa loob ng katawan ko!!!

"Matibay ka.." natatawa pang dinig kong sabi ni Choco!

Sinikap kong dumapa upang makita sila!

Pareho kami ni Maxwell na hinang hinang pinanood sila sa ginagawa nila!

"Aaaaaahhh!!!!" malakas na tili pa ni Naih kaya naman kumawala si Yaz sa pagkakasabunod ni Mallyu at saka malakas na pasampal na sinuntok ito!

~BLAAAGG!!!!~

TUMUMBA SI YAZ!!

"A-Aaahhh!" sigaw ni Deib!!!

D-Deeeibbb!!!

Ultimong pagsigaw ay hindi ko na magawa sa sobrang hina!

"B-Bitiwan mo sya.." dinig kong bulong pa ni Maxpein na nakaluhod na rin at nakatuon ang dalawang kamay sa lupa habang nakaangat ang paningin sa kanila!

"Anong sabi mo, Pein?!" sarkastikong tanong pa ni Choco na sinuntok ng malakas ang mukha ni Deib!

~PAAAAK!!~

"Aaaaahh!!!!" sigaw pa ni Deib na pilit kumakawala munit hinawakan sya ni Yago sa dalawang kamay at si Choco naman ay nakasabunot ng matinde sa ulo nya! **"B-Bitiwan nyo ko!"**

"Anong magagawa mo ngayon, Maxpein!? Luging lugi kayo! Nasa home base na kame!!! Hahahahaha!!"

"B-Bitiwan mo sya!!" buong pwersang sigaw ni Maxpein at saka naghabol ng hininga!!!

"Aaaahhh.." animong naaawa pang pang-aasar ni Choco sa kanya! **"Kawawa naman ang bata.. hindi na makatayo sa sooobrang hina..."**

"Haahahha!!" malakas silang nagsipagtawanan!

~WEEEENNNGGGG!!! WEEEENNNGGGG!!! WEEEENNNGGGG!!! WEEEENNNGGGG!!! WEEEENNNGGGG!!! ~

WTF??

NATIGILAN ANG LAHAT NG UMUGONG ANG MAHINANG TUNOG NG SIRENA!!

Mga pulis!

~WEEEENNNGGGG!!! WEEEENNNGGGG!!! WEEEENNNGGGG!!! WEEEENNNGGGG!!! WEEEENNNGGGG!!! ~

"Sinong BOBO ang tumawag ng PULIS!!" nangagalaiting sigaw ni Choco!!!

Natigilan ang lahat at saka galit na nagsipagtinginan kay Maxpein!

Agad naman silang nginisian ni Maxpein!

"Bobo! Gusto mo na talagang mamatay e noh?! Tumawag ka pa talaga ng mga pulis!!" gigil na gigil na sigaw ni Choco kay Maxpein!

"Gago ka pala e---nakita mo ng magkasama tayo dito tapos ako pagbibintangan mo?! Ikaw ang bobo!" sigaw ni Maxpein sa kanya!

Bwahaha!

"A-Ahh---ugh!!" impit na usal ko pa nung biglang sumakit ang leeg ko sa simpleng pagpipigil ng tawa'ng ginawa ko!

"Ha! Nakukuwa mo pa rin talagang magyabang kahit na sa ganitong sitwasyon e noh!? Tignan natin ngayon ang tibay mo.." galit na banta ni Choco na naglabas ng kutsilyo!

Fvck!!

ITINUTOK NI CHOCO ANG KUTSILYO KAY DEIN!

Hindi ko maipaliwanag ang biglaang lakas na yun na naramdaman ko dahilan para bigla akong mapatayo!!!

"P-Pare... w-wag.." nakaamba ang dalawang kamay na pigil ko kay Choco!

"R-Randall.." umiiyak na tawag sakin ni Dein at sinenyasan ko naman sya'ng huwag gumawa ng ingay!

Dahan dahang nagsimulang tumulo ang mga luha sa mga mata ko habang nakaamba pa rin ang kamay ko at pasimpleng lumalapit dahan dahan sa kanila..

"W-Wag--Choco.. please.. w-wag.." muling pakiusap ko!

~WEEEENNNGGGG!!! WEEEENNNGGGG!!! WEEEENNNGGGG!!! WEEEENNNGGGG!!! WEEEENNNGGGG!!!~

"Lumalakas ang sirena, Choco!!! Papalapit na ang mga parak!" sigaw ni Mallyu pero nanatili kay Choco ang paningin ko!

"P-Please.. w-wag ang mag-ina ko??" lumuluha'ng pakiusap ko.

"Buntis pa lang---mag-ina ha?! Nasan ang sanggol! Bobo!!!!" sigaw ni Choco!

Hindi ko magawang sigawan sya dahil natatakot ako para kay Dein!

~BLAAG!!~

Pabagsak nyang binitiwan si Dein kaya naman dali dali akong lumapit dito!

"D-Dein!!! A-Are you okay??" tanong ko pa at takot na takot na yumakap naman sya sakin at hinagod ko ng kamay ko ang buhok nya. **"S-Shhh.. S-Shhh.. e-everything will be okay.. s-shhh.."**

"N-Natatakot ako."

"S-Shhh."

"Aaaaah!"

Sabay kaming napalingon kay Naih!!!

"Yaaaaa!" sigaw pa ni Yaz na sinipa ng malakas si Yago sa mukha!!!!

Hinila ni Yaz si Naih papalapit samin munit kamalas malasang naiwan si Deib sa kamay nila Mallyu!!!!

Tumayo ako para sumugod pero..

"W-Wag!" pakiusap ko nung akmang hahampasin ni Yago si Deib ng baseball bat sa ulo!! **"W-Wag! A-Ako ang ipinunta nyo dito, diba?? A-Ako nalang.. a-ako nalang.. w-wag si Deib----"**

"Bitiwan nyo yan.."

Gulat akong napalingon kay Maxpein..

Parang magliliyab na ang mga mata nya sa sobrang galit!

Akala mo ay walang masakit na parte ng katawan nya sa sobrang deretso ng pagkakatayo nya habang nakatingin ng deretso kila Mallyu, Yago at Choco!

"Bitiwan mo sya.." malumanay pang usal ni Maxpein habang deretsong nakatingin sa nakangising si Choco.

"Anong gagawin mo kapag hindi ko binitiwan 'tong bading mo??" sarkastikong tanong ni Choco pero hindi sumagot si Maxpein at hindi rin inalis sa kanya ang paningin nito!! **"Gonza!!"**

****TUG!*DUG!****

"Lumabas ka dyan!!" sigaw pa ni Choco!

****TUG!*DUG!****

Damn it! A-Ano na naman!

"H-Hon.. p-please.. b-baka kung anong m-mangyari sa kapatid ko.." dinig kong bulong pa ni Dein pero hindi ko sya nagawang lingunin nung mula sa likod ay lumabas yung lalaking ayaw pasaktan ni Maxpein sakin noon!

~WEEEENNNGGGG!!! WEEEENNNGGGG!!! WEEEENNNGGGG!!! WEEEENNNGGGG!!! WEEEENNNGGGG!!!

~

"Lumalapit ang mga parak kaya naman ilang segundo na lang Maxpein.." nakangising sabi pa ni Choco at saka madiing hinawakan si Deib sa ulo!

"Aaaaahhh!!!!" sigaw sa sakit ni Deib!!!

"....bilang na lang ang oras mo para makita 'tong bakla mo.. Hahahhahha!!" si Choco!

"Bitiwan mo sabi yan!" sigaw ni Maxpein at saka dumampot ng baseball bat at bago pa man sya makasugod ay sinugod na sya nina Yago at Mallyu!!!

~BLAAAG!!!~

~PAAAK!!!~

~BAAAG!!~

Halos mangisay si Yago sa sobrang lakas ng pagkakapalo ni Maxpein sa kanya ng baseball bat at saka inikot ikot ni Maxpein ang bat na yun sa ere at saka gitil na gitil na humarap kay Mallyu!

"Isa pang sigaw nyan, Mallyu.." banta ni Pein na isinenyas pa si Deib! **"..babaliin ko talaga ang kamay mo.."**

"Tama na ang satsat.." nakangising sabat ni Gonza at mabilis syang nilingon ni Maxpein na may galit na tingin!

"T-Taguro.. w-wag kang l-lalapit sa Gonza na yan---"

"Manahimik ka!!" sigaw ni Choco kay Deib at...

"Deeib!" umiiyak na sigaw ni Dein!

****TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!****

KITANG KITA KO SA MISMONG HARAPAN KO KUNG PAANONG BAHAGYA AT DAHAN DAHANG HINIWA NI CHOCO ANG KANANG PISNGI NI DEIB!

"Waaaaaaa!!!" nakapikit na sigaw pa ni Deib munit parang hindi ko na narinig pa yon! Umalulong ang malakas na iyak ni Dein munit parang hindi ko na rin narinig yon!

Nanatili akong nakanganga habang malakas na inilalabas ang hangin sa bibig ko!

Pakiramdam ko ay biglang nawala ang pagod ko!

Ang bilis bilis ng tibok ng puso ko at hindi ako makapaniwala sa nakikita ko!

Tatawa tawa sila Mallyu, Gonza at Choco habang nakatingin kay Maxpein at pakiramdam ko ay mga demonyo silang pinagtatawanan sya!

Dahan dahang nangilid ang luha ni Maxpein nung lingunin ko sya at mabilis namang tumulo ang mga ito sa mukha nya..

Kitang kita ko ang paggalaw ng ilong at panga nya sa galit..

Nanginginig ang mga kamay munit nananatiling matatag ang kapit sa bat na hawak nya..

Unti-unting kumukulo ang dugo ko at dahan dahang nagdidilim ang paningin ko!!!!

"Nakiusap ako sayo'ng tumigil ka na hindi ba??" mahinang tanong ni Maxpein kay Choco na tinawanan lang sya!

Hindi ko na halos marinig ang tawa nya dahil sa papalapit na papalapit na sirena ng mga pulis na naririnig ko!

Mula sa di kalayuan ay dahan dahang sumugod kay Maxpein si Mallyu at nanatili naman si Maxpein sa posisyon nya na animong kalmadong hinihintay ang pagsugod nya!!

Mabilis syang sinugod ni Mallyu munit naging masyadong mabagal sya sa paningin ko!

"Yaaaaaaa!!" sigaw pa ni Mallyu at saka inilabas ang balisong nya!

~WASAK!~

Mabilis na yumuko si Maxpein at mula sa ilalim ay pinatid nya ang paa ni Mallyu!

~BLAG!!~

Dahilan para tumimbawang ito at sa isang maling kilos nito ay nahawakan ni Maxpein ang kamay nyang may balisong at iniamba yon sa leeg ni Mallyu!

"Isang maling kilos mo.. maiinom mo ang sarili mong dugo.." lumuluhang usal ni Maxpein sa takot na takot ng si Mallyu!

"Waaaaaaaaa!!" sigaw ni Mallyu nung hawakan ni Maxpein ang kamay nya at saka buong pwersang baliin ang mga daliri nya!!!!!

Pero sa nakikita ko ngayon ay parang wala ng naririnig pa si Maxpein! Galit na galit ang mga mata nyang nakatuon kay Mallyu na kitang kita ang panghihina sa katawan sa ginawa nya!

"Waaaa!!" sigaw pang muli ni Mallyu nung mas baliin pa ni Maxpein ang mga daliri nya pabaliktad sa palad nya!!! Sunod sunod na naihampas ni Mallyu ang dalawang paa sa lupa senyales na hindi na nya kaya!

Kinuha ni Maxpein ang balisong at ibinato yun sa dilim!

Kinuha ang isa pang kamay ni Mallyu at malakas na hinila nya ito patayo at saka itinulak!!

Mabilis na dinampot ni Maxpein ang baseball bat at....

"M-Maaaxx!!" siagw ko pa!!!!

~BLAG!~

HINAMPAS ANG TUHOD NI MALLYU!

"T-Tama na, Peeeiin!!!!" buong pwersa'ng sigaw ni Maxwell na halos hindi na rin makatayo!

"A-Anong itinitingin tingin mo bobo---sugurin mo!" malakas na utos ni Choco kay Gonza na agad namang sumunod at mabilis na sumugod sa likuran ni Maxpein na nakaamba na sa ere ang dalawang kamay at nagbabadyang sasakin sya!

"Kev!!"

Umalulong ang sigaw ng isang babae mula sa harapan at agad nagsipaglingunan ang lahat!!!

MAX'S POV

Habol habol ang hiningang lumingon ako sa likuran ko at nagtama ang paningin namin ni Gonza na kasalukuyang nakataas ang dalawang kamay sa ere habang hawak ang isang kumikinang sa talas na balisong!

"K-Kev! W-Wag!"

Isang napakapamilyar na boses..

~WEEEENNNGGGG!!! WEEEENNNGGGG!!! WEEEENNNGGGG!!! WEEEENNNGGGG!!! WEEEENNNGGGG!!!~

Umalulong ang sirena ng mga pulis at kumalat ang pula't asul na ilaw sa paligid!

Pareho pa rin kaming nakatingin ni Gonza sa isa't isa at kitang kita ko ang galit sa mga mata nya!

"Tigil!" sigaw ng isang lalaki mula sa likuran ko. Batid kong isa yun sa mga pulis na nandoon. Hindi ko sila pinansin at nanatili kaming nakatingin ni Gonza sa isa't isa.

"K-Kev! W-Wag!" pagmamakaawa ng babae'ng ramdam ko ang paglapit samin!! Hindi nagpatinag si Gonza at nanatiling galit na galit ang tingin sakin!

"Ibaba nyo ang inyong mga armas!!!" sigaw pa nung pulis munit pareho kaming hindi natinag! **"Ibaba nyo ang mga hawak nyo kung hindi ay magpapaputok kame!!"**

"W-Wag! Wag!" sigaw ng babae! **"M-Mga bata ang mga yaaan!!"**

"Ibaba nyo ang mga hawak nyo kung di ay mapipilitan kaming sugurin kayo!"

"K-Kev----wag mo s-syang s-sasaktan!!!"

"T-Tumigil ka!!!" sigaw ni Gonza kay HEURT!

Natigilan ito at hindi makapaniwalang tumingin sa umiiyak ng si Gonza!

"A-Ano bang nangyayari sayo?!" naiiyak ng tanong ni Heurt sa kanya!

"Tumigil ka! Tumigil ka! Tumigil ka!" paulit-ulit nyang utos kay Heurt at saka muling tumingin sakin!

"A-Anak ko sya!!"

Nanatili akong nakatingin sa kanya kaya naman kitang kita ko ang dahan dahang pagbabago ng mukha nya!

Dahan dahang nanlaki ang mga mata ni Gonza at saka hindi makapaniwalang nilingon si Heurt! Hindi sya nakapagsalita!

"A-Anak ko sya!!" umiiyak pang ulit nito!

"P-Panong...??" hindi makapaniwalang tanong ni Gonza sa kanya.

"A-Anak ko sya, Kev.. anak ko sya!"

Hindi makapaniwalang tinitigan sya ni Gonza at saka dahan dahang nilingon ko!

Nagtama ang paningin naming pareho!

"A-Ano ba'ng ginawa ko sayo??" lumuluhang tanong ko! **"S-Sabihin mo sakin ngayon.."** pigil ang galit na tanong ko at dahan dahang namuo ang mga luha sa mga mata nya! **"A-Anong ginawa ko sayo!!"** malakas na sigaw ko!

Lumuluha ring tumingin sya sa mismong mga mata ko at bakas sa mukha nya ang paghahalu-halo ng emosyon nya!

"K-Kev.. a-anak---tama na! W-Wag mong gawin 'to---nakikiusap ako... K-Kev.." pakiusap pa ni Heurt pero...

"P-Papatayin kitaaaa!" sigaw nya at saka sumugod sakin at inambaan ako ng saksak pero sa sobrang bagal nya ay nakailag agad ako at mabilis na pumunta sa likod nya at siniko ang batok nya!

~BLAAG!!!~

Bumagsak sya sa likuran ko at doon na lang muling bumalik ang panghihina ko!

T-Tapos na..

"T-Taguro.." dinig kong tawag ni Deib at napapikit ako sa di maipaliwanag na sakit sa dibdib ko na kusa kong naramdaman!

Nagtuloy tuloy ang daloy ng luha sa mga mata ko habang nakatalikod ako ka Gonza at na kay Heurt ang paningin ko..

Pareho kaming luhaan habang nakatingin sa isa't isa..

B-Bakit ngayon ka lang?

Gusto ko syang sigawan munit wala na akong lakas sa buong katawan!

Nakatayo ako pero pakiramdam ko ay namamanhid na ang buong katawan ko!

Munit natinag ako nung biglang nanlaki ang mga mata ni Heurt at pagbaling ko sa likuran ko ay...

~TSSAAAKK!!~

"A-Aaahhh--ugh!!" naiusal ko!

"T-Taguro!!"

Nanlaki ang mga mata ko at ramdam na ramdam ko ang mabilis na pag-init sa parte'ng yun kung saan...

SINAKSAK AKO NI CHOCO!

Napakabilis ng pangyayari munit naging napakabagal sakin!

"A-Aaahhh.." mahinang usal ko pa habang hinahabol ang hininga ko! **"A-Aaahh!"** impit na sigaw ko nung dahan dahang idiin pa yun ni Choco!!!

Napahawak ako sa balikat nya at pilit na inilalayo sya munit naging napakahina ko!

"Pasalamat ka sa dalawang sentimetrong layo nyang mula sa baga mo.." galit na bulong nya pa at saka mas idiniin pa yon!

"A-Aahhh!!!" malakas na sigaw ko!

Nawala ang pandinig ko at ang tanging nakikita ko na lang ay ang pagsugod ni Heurt at kay Choco at saka sunod sunod na pinagsasapak ito!

DEIB'S POV

Mula sa kinatatayuan ko ay kitang kita ko ang dahan dahang pagluhod ni Taguro sa lupa kaya naman bago pa sya tuluyang bumagsak ay mabilis akong tumakbo papalapit sa kanya!

"T-Taguro!" luhaang sigaw ko at saka sinalo ang pagbagsak nya! **"B-Babe."** napahawak ako sa pisngi nya'ng duguan na rin! **"B-Babe!"** umiiyak na tawag ko sa kanya at saka sunod sunod na nagsipaglapitan sina Parrot, Noona at Randall sa amin!

"P-Pein!" dinig kong sigaw pa ni Maxwell na hindi na makatayo pa!

"Ibaba nyo na ang mga baril nyo! Susuko nako! Suko nako!" sigaw ni Choco at galit akong nilingon sya!

"Papatayin kita!!" sigaw ko at nilingon naman ako ni Choco!!!! **"Papata---"**

"W-Wag.."

Muli akong napalingon kay Taguro at nakatingin na sya sa mga mata ko!

"T-Taguro." luhaang usal ko!

Parang dinudurog ang puso ko!

'Bakit napakawalang silbi ko!!!!'

"B-Babe." nagtuloy tuloy ang luha sa mga mata ko at naiyak rin sya.

"S-Sabi ko naman sayo w-wag kang iiyak sa h-harap ko." hirap pa'ng usal nya!

"W-Wag ka ng m-magsalita.." utos ko pa at mabilis na kumilos si Randall para takpan ang saksak nya!

"P-Pein.. Pein.. L-Listen to me.. H-Hold on okay? D-Dadalin ka namin sa ospital.. Okay??" si Randall!

"D-Dalian nyo.. a-aahhh--uughh!! A-Aaaah!!!" sigaw pa ni Taguro nung dahan dahang buhatin namin sya!

"Naih.. drive the car.." utos pa ni Randall kay Parrot na mabilis na kinuha ang susi nya at saka namin mabilis na binuhat si Taguro papasok sa kotse!

"B-Babe.. Babe.."

"O-Ohh??" inis pang tugon nya kaya naman mas nag-alala pa ako!

"W-Wag ka ng magsalita.." mahina pang utos ko!

"T-Tsk! W-Wag mo k-kasi akong k-kausapin!"

"E-Eh b-baka mamatay ka e.." umiiyak pa'ng sagot ko!

"T-Tss.. n-nasan yung kapatid ko??" hirap pang tanong nya!

"S-Si Ate ng bahala sa kanya, Max.." sagot pa ni Parrot na napakabilis na nagdadrive!

Inis naman akong tumingin kay Taguro!

"H-Hindi ka man lang b-ba n-nasasaktan?!" nag-aalalang tanong ko!

"A-Anak ng.. i-ikaw kaya s-saksakin ko!"

"A-Ano?!" inis na tanong ko!

"A-Anong akala mo s-sa katawan ko?! S-Styro!? H-Hindi nasasaktan---A-Aaah!!!!"

"Wag mo na muna kasi syang kausapin, Deib!!!" sigaw pa sakin ni Noona kaya naman napapangusong nanahimik na lang ako!

"W-Wag kang mamamatay! Pakakasalanan mo pa ko!" sigaw ko kay Taguro at inihiga ko naman sya sa dibdib ko habang hawak hawak pa rin ni

Randall ang sugat nya!

"A-Aaaah!!" sigaw pa nya at saka napapasipa sa upuan ni Deib sa twing mararamdaman nya ang sakit!

Nagiging sunod sunod naman ang tulo ng luha ko sa twing sisigaw si Taguro sa sakit!

"K-Konting bilis pa, Naih!" utos ni Randall at mas binilisan pa nga nito ang pagdadrive!

Ilang minuto lang at narating namin ang BISH!

"Bilis!" sigaw ni Noona na kusa ng hinila ang stretcher mula sa dalawang nurse at sabay naming binuhat ni Randall si Taguro doon!

"D-Deib.."

"B-Babe.." sagot ko sa tawag na yun ni Taguro!

"S-Si Maxwell.. d-dalin mo rin sya d-dito.. ngayon na.."

"O-Oo.. wag ka ng magsalita.."

"Ngayon na.."

"Oo..." sabi ko pa at saka hinawakan ang kamay nya habang tumatakbo kasabay ng stretcher! **"M-Maxpein.. M-Mahal na mahal kita.."** luhaang usal ko pa at ngumiti lang sya!

H-Hindi ko alam k-kung anong mararamdaman ko!!!! Peste!

Hindi ko alam kung bakit pero talagang guminhawa ang pakiramdam ko!

Kung kanina ay halos hindi ako makahinga pero ngayon ay busog na busog ako sa hininga!

Mabilis kong kinuha kay Parrot ang susi at saka ako mabilis na tumakbo pabalik sa sasakyan ni Randall at minaneho yun pabalik kila Maxwell!

Napahinto ako sa pagbaba ng kotse pagkarating na pagkarating ko sa TB ng sa di inaasahan ay makita ko si Chairman Enrile, Dean Enrile at si Daddy!

"D-Dad..." mahinang usal ko pa paglapit ko at agad naman silang nilingon ako!

~PAAK!!~

SINAMPAL AKO NI CHAIRMAN!

"D-Dad.." dinig kong pigil pa ni Lolo kay Chairman!

"Ito ba?! Ito ba ang ipinagmamalaki mo, Deib Lohr!!!!" gigil pang sigaw nya sa akin!

"D-Deib?! W-What happened to you face---"

"W-Wala po 'to.." pigil ko kay Daddy!

"You're bleeding!" sigaw pa ni Dad at napailing ako! **"C-Chairman--- this is enough! This is not the right time for this! Look at my son! He's bleeding!!!"** sigaw ni Daddy kay Chairman na kusa ring natigilan! Dumukot si Dad sa bulsa at agad na idinampi ang panyo sa pisngi ko!

"D-Dad, I-I'm here for Maxwell.. where are they??" tanong ko.

"Dinala na sila ng Ambulance.." sagot ni Lolo at saka tinignan ang kabuuan ko. **"Are you okay??"**

"Y-Yes, Lolo.."

"Are you sure??"

"Yes, Lolo.."

"Where's your sister??" si Dad.

"N-Nasa Hospital.."

"Sesangheee!" nanggagaliiting sigaw na naman ni Chairman na napahawak pa sa batok nya! **"Take him to the Hospital!"** galit pang utos nito kay Daddy!

"D-Dala ko po yung kotse ni Randall.." sabi ko pa nung alalayan ako nina Lolo at Daddy sa kotse nila.

"Give me the keys.." sabi pa ni Lolo at iniabot ko naman yun. Lumapit sya sa isang lalaki at kinausap at saka muling bumalik samin! **"Let's go.."**

"P-Pano po si Chairman??" tanong ko.

"May driver sya.." sagot ni Lolo at kusang nagdrive ng kotse ni Dad habang si Dad naman ay abala sa paghawak sa mukha ko!

"H-Hindi ko alam kung paano ito ipapaliwanag sa Mommy mo.. paniguradong mag-aalala yon.."

"P-Pano nyo po nalaman??" nag-aalala at kabadong tanong ko.

"Tinext ni Maxpein ang Mommy mo.. l-late na nung mabasa ko dahil natutulog na kaming pareho.. B-Buti na lang at nagising ako sa tunog nung cellphone nya.."

Nagflashback sa paningin ko yung ginawang pagpipindot ni Taguro sa cellphone kanina bago sumugod!

B-Bakit hanggang sa huli ay ako pa rin ang iniisip mo?!

K-Kahit w-wala man lang akong m-magawa para sayo??

Kusa ko na lang naramdaman ang mga luha'ng sunod sunod na pumatak sa pisngi ko..

"W-What's wrong, son??" nag-aalalang tanong ni Dad pero hindi ko sya nilingon.

"M-Mahal ko si Maxpein, Dad.." wala sa sariling naiusal ko.

At saka ko hinayaang magtuloy ang luha sa mga mata ko..

OceanofPDF.com

CHAPTER 153

KEV'S POV

Maliwanag na nung matapos kaming kausapin nung mga pulis. Ako lang at si Nanay ang natatanging nakasama nila sa presinto dahil ako lang samin ng mga kasama ko walang tinamong malubhang sugat maliban sa kakaunti'ng galos ko sa mga kamay.

"Sila man ang maituturing na suspek sa pangyayaring 'to ay kailangan pa rin nilang madala sa ospital dahil malala rin ang mga sugat na tinmo nila.." sabi pa nung pulis na kausap namin habang hinahatid kami papalabas ng presinto. **"Oras na maging maayos ang lagay nila ay iimbitahin rin namin sila dito para kuhanan ng statement, lalo na yung mga nabiktima nyo.. Tsk tsk tsk.."** baling pa sakin nito.

"Salamat.." walang emosyong tugon ni Nanay sa pulis na agad naman syang tinanguan.

"Pasalamat ka bata, mabait ang Nanay mo.. Kung iba'ng Nanay yan, kahit wala ka sa edad, paniguradong ipaiiwan ka dito. Hahahahahahaha!" biro pa nung pulit at napabuntong-hininga na lang ako sa inis. **"O sya sige, pano? Ipatatawag ko na lang ulit kayo kapag kinakailangan.."**

"Sige.. Salamat ulit.." sabi pa ni Nanay at tumango naman ako don sa pulis at saka kami naglakad ni Nanay papalayo sa presinto.

Hindi kami nagkibuan ni Nanay hanggang sa makasakay kami ng Jeep.

Ni hindi ko na nagawang tignan pa ang sign board ng Jeep na yon dahil tanging si Nanay lang ang laman ng isip ko.

Galit sya panigurado.. P-Pero, a-anong sasabihin ko?! P-Pano ako magpapaliwanag sa kanya?!

Wala syang kibo mula pa kanina, tanging mga tanong lamang nung mga pulis ang sinasagot nya at hindi nya ako kinakausap.

H-Hanggang ngayon ay hindi ko malaman kung paano nya ako'ng nasundan doon..

Hindi ko alam kung paano nalaman ni Nanay ang plano naming yon!

Batid kong pinapakinggan nya ang mga sagot ko sa mga tanong ng pulis, pero ni minsan ay hindi sya tumingin ng deretso sa akin!

Hanggang ngayon ay buo'ng buo sa isip ko yung mga pangyayari kanina..

Anak ko sya!!

Gusto kong sumigaw sa sobrang sakit ng ulo ko dahil sa paulit-ulit na yon sa utak ko!

"Kuya, makikiabot po ng bayad.." dinig kong sabi ng isang babae dahilan para bumalik ako sa wisyo. Nilingon ko sya at saka kinuha ang barya'ng iniaabot nya. **"Salamat.."** sabi nya pa.

At doon ko lang napansin ang mga kasabay namin sa Jeep!

Papuntang BIS..

Nakaramdam ako ng bahagyang inis nung makita kong kasabay namin ang mga nurse na yun na nagtratrabaho sa BIS Hospital! Sila lang kasi ang natatanging ospital na may pink sa uniporme kaya malalaman mo'ng taga-BIS sila dahil plain white lang ang sa SIS! Yang dalawang ospital na yan lang naman ang malalaki at malapit dito sa amin!

"Kuya, para.." sabi na naman nung babae'ng yun at magkasabay silang bumaba nung tatlo pang nurse na nakasakay doon sa Jeep!

Napatingin naman ako kay Nanay nung sya ang sumunod na yumuko at bumaba!

Napahinto pa ako sa paglalakad nung matanaw ko ang mga sasakyak ng mga estudyante'ng papasok na sa BIS!

"A-Ano pong gagawin natin dito?" pigil ang inis na tanong ko.

"Bibisitahin ang mga sinaktan nyo, ano pa ba sa tingin mo?" walang emosyong tugon ni Nanay dahilan para mas matigilan ako.

Napakalamig ng pakikitungo nya sakin at mas nag-aalala na ko!

"N-Nay.." mahinang tawag ko sa kanya munit nagtuloy sya sa paglalakad nya! **"N-Nay!"** muling habol ko sa kanya habang nakikiusap na ang tono ng pananalita ko! Walang emosyo'ng nilingon nya ako at nagmamakaawa na ang mukha ko! **"W-Wag naman kayo'ng ganito sakin oh.."** naluluha ng pakiusap ko munit nanatiling blangko ang mukha nya! **"H-Hindi ko alam kung a-anong sasabihin ko e.. n-nahihirapan rin po ako.. N-Nay naman.."**

"Hindi ko rin alam kung ano pa bang kailangan kong sabihin sayo.." malamig na tugon nya at mas natigilan ako.

Binigyan nya ako ng isang masama munit blangko'ng tingin at saka nagpatuloy sa paglalakad!

Pakiramdam ko ay bahagyang huminto ang paghinga ko sa tingi'ng yun kaya naman napasinghap pa ako nung umalis sya sa harapan ko at nung sundan ko sya ng tingin ay pakiramdam ko ay napakalayo na nya!

Parang kinurot ang puso ko habang tinatanaw sya at namalayan ko nalang, sinusundan ko na sya.

"N-Nasaan ho dito yung mga kabataang sinugod kaninang madaling araw?" dinig kong tanong pa ni Nanay don sa unang nurse na lumapit sa amin pagkapasok namin sa Emergency Room.

"Naka-admit na po ang karamihan sa kanila, Ma'am.." malumanay namang tugon nito.

"Maaari ko bang malaman kung anong room sila?"

"Lumabas po kayo sa room na yon at yung station sa kabila ay may mga assigned nurses at sila ang pwede nyo po'ng tanongin. Relative po ba kayo nila Doc Maxwell??"

"O-Oo.." alanganing sagot ni Nanay sa kanya.

"Opo, nandoon po sila, kasama ang mga relatives nyo pa.."

"Salamat.."

"Welcome po.." nakangiting sabi pa nung Nurse na sinulyapan rin ako at saka kami naglakad ni Nanay papunta sa itinuro nito.

Nung marating namin ang itinuro'ng yun ng Nurse ay halos mahilo ako sa dami ng tao'ng nakita ko!

Bakas sa mga postura nila ang salitang MAYAMAN!

Nakaramdam na naman ako ng bahagyang panlulumo sa katawan ko!

"Ayusin mo ang sarili mo, nandito ang mga kamag-anak nila.." mahinang sabi pa ni Nanay at natigilan pa ako bago muling sumunod sa kanya.

Dumeretso kami sa isang mahaba'ng desk na yon kung saan mga nakaupo at nakatayo ang mga nurses at doktor.

"Magandang umaga.." bati ni Nanay sa isa dahilan para mapalingon lahat sila.

"Magandang umaga rin po, ano po'ng maitutulong namin sa inyo?"

"Itatanong ko lang sana kung saan ang R-Room ng mga Del Valle??"

"Relative po sila?"

"O-Oo.."

"Room 118 po si Maxpein Zin Del Valle at Room 119 po si Doc Maxwell Del Valle.."

"Salamat.."

"Nandoon rin po ang mga relatives nila.."

"Salamat ulit.."

"A-Ahh Ma'am..??" pahabol ng Doktor at sabay naman naming nilingon ito. **"Limited lang po ang visitors natin, kaya as much as possible, make your visitation quick.."**

"G-Ganon ba?? S-Sige.."

"Thank you, Ma'am.."

"Salamat rin.."

At saka kami nagtuloy sa paglalakad hanggang sa makalapit kami sa mga tao'ng yun na nagkumpulan sa hallway.

Napabuntong-hininga si Nanay nung makita ang isang pamilyar na babaeng yun sa gitna na kasalukuya'ng nakatagilid sa amin!

Si Maze Moon..

"Hindi ko alam kung anong gagawin ko sa anak mo kapag may nangyari sa anak ko!" sigaw pa ni Maze Moon habang umiiyak at niyakap naman agad sya ng isang matipunong lalaki'ng yun na nasa harap nya!

Karamihan sa kanila ay mga hindi ko kilala munit batid kong mga Moon sila!

Nanatiling nakatingin si Nanay sa kanila at wala pa ring emosyon ang mukha nya!

Hindi pa nila kami napapansin dahil nasa isang dipa pa ang layo namin sa kanila.

"Maze.. Magiging maayos rin ang lahat.." sabat ng isang may edad ng lalaki.

"Kailan pa, Chairman?! Kailan pa?! Kapag naghihingalo na sila?! Kasalanan 'tong lahat ni Maxpein!"

Natigilan ako sa sigaw na yon ni Maze at iiling-iling na napalingon kay Nanay na napatungo sa nadinig nya!

B-Bakit sya ang sinisisi??

B-Bakit ba ganito ang nararamdaman ko?! Tsk!

Hindi ko maipaliwanag ang magkahalo'ng kaba at pagkahabag na yon na nangibabaw sa dibdib ko!

"Hanggang kailan nya ba gagawin 'to?! Hanggang kailan sya magrerebelde?! Hangga't wala syang nakikitang nasasaktang tao--- hindi rin sya hihinto! Bakit ba wala ng ibang dinulot na maganda ang Maxpein na yan sa pamilya'ng 'to! Imbes na nag-aaral ng mabuti ang

anak ko ay nakaratay sya sa kama'ng yan at walang malay!" sigaw pa ni Maze!

"I said, calm down, Maze!" sigaw pa ng isang may edad na rin! **"Bakit ba parating si Maxpein ang sinisisi mo!"**

"Dahil sya namang talaga ang may kasalanan! Kung hindi sila umalis doon kagabi ay hindi mangyayari ito!"

"Kailan mo rin maiintindihan na *aksidente* ang nangyari at maski sino ay hindi ito inaasahan!?"

"Hindi ko yan maiintindihan dahil hangga't nakikita kong kasama si Maxpein sa gulo ay sya ang sisisihin ko!"

"Magtigil ka, Maze!"

"E-Excuse me po?" biglang may sumingit na Doktor mula sa likuran namin dahilan para mapansin nila kami at magtama ang mga paningin namin!

Hindi makapaniwalang tumingin si Maze kay Nanay at kitang kita ko sa harap ko ang pagbabago ng mga emosyon nila!

Ang kaninang mga galit na galit nilang reaksyon at postura ay napalitan lahat ng pagkagulat!

"P-Pasensya na po pero.. h-hindi po maaari'ng mag-ingay sa bahagi'ng ito ng ospital. Makakaabala po tayo sa iba pa'ng mga pasyente. Kung maaari po lamang ay sa baba na lang tayo mag-usap usap---" kusang natigilan ang doktor na yun nung pigilan sya ni Maze sa isang senyas ng kamay nya.

"I-I'm sorry, Doc.. Bababa na kami.." sabi pa ng isang matanda at tumango naman ang doktor sa kanya.

"Pasensya na rin po, Sir Mokz.."

"S-Sige.. Mauna ka na.."

"Sige po."

Umalis na ang doktor at nabaling na naman samin ang paningin ng lahat.

Nanatili kaming nakatayo sa pwesto namin at tanging ako lang ang nakakagalaw!

Walang emosyong nakatingin si Nanay sa kanila habang ang mga Moon ay gulat na gulat na makita sya!

"A-Anong ginagawa mo dito?!" malumanay at hindi makapaniwalang tanong ni Maze kay Nanay na ikinagulat ko pa nung biglang tumango sa harap nila!

Bakit ba sya nagbibigay-galang pa sa mga walang modong yan!

Hindi ko maipaliwanag ang pagtataka at pagkagulat na yon na nangingibabaw sa nararamdaman ko!

"Oraenmanieyo.."

Gulat akong napalingon kay Nanay sa hindi ko naintindihang sinabi nya!!

Translation: It's been a while..

A-Ano bang sinasabi nya?!

A-Ano bang salita yung sinabi nya?!'

Lalo kong naramdamang hindi ko kilala ang Nanay Heurt na katabi ko ngayon!

Parang mas lalo ko syang nakikilala sa twing magsasalita sya ngayon sa harap ko!

"H-Heurt.." hindi makapaniwalang usal pa nung matanda'ng yun na tinawag na Chairman nung Maze!

"O-Oraenmanieyo, Hwejang-nim.."

Batid kong mga nagkakaintindihan sila habang ako ay nananatili'ng nakanganga dahil hindi makasabay sa mga sinasabi nila!

"N-Nais kong makita si Maxpein.." malumanay pang sabi ni Nanay!

"H-Heurt.. P-Pano mong nalaman??" hindi makapaniwalang tanong pa nung matanda at doon naman ako kinabahan!

Nilingon ako ni Nanay at saka muling bumaling sa kanila!

"Sa tingin ko ay hindi ito ang tamang oras para pag-usapan ang mga bagay na yan.. Nandito lamang po ako para makita ang lagay ng anak ko, matapos niyon ay maaari na nating pag-usapan ang lahat.."

"Sa tingin ko ay tama sya.." sabat ng isang may edad na ring lalaki na syang tinawag na Mokz nung doktor kanina. **"Nandito si Maxpein, silipin mo na muna sya at mag-usap usap tayo sa baba mamaya.. Hindi tayo maaari'ng magtagal dito.. Masyado tayong marami.."**

Naglakad papalapit sa kanila si Heurt at agad namang napasunod ako!

Kusa'ng tumabi sina Maze at Chairman para magbigay daan sa amin!

Hindi namin nagawang pasukin ang Room ni Maxpein kaya naman sumilip na lamang kami sa awa'ng ng pinto.

"K-Kumusta ang lagay nya?" bakas ang pag-aalalang tanong ni Nanay.

"H-Hindi pa sya masyadong ayos sa ngayon pero.. naniniwala akong magiging okay rin sya.." si Mokz. **"K-Kinakailangan nyang sumailalim sa isang operasyon para makita kung may nadamay na internal organs sa saksak na tinamo nya, ayon sa mga doktor.."**

"H-Hindi pa ba sya gumigising?"

"Hindi pa, mula kanina.. Paniguradong napagod sya at ang mga kasama nya.. Lahat sila ay nakaconfine ngayon, m-masyadong marami ang mga tinamo nilag sugat at pagod na pagod sila sa engkwentro'ng...." natigilan at kusang napabuntong-hininga'ng sabi pa ni Mokz at saka tumingin sa akin! Parang hinila ang lalamunan ko sa mga tingin nya dahilan para matigilan ako sa paghinga!

"Sa t-tingin ko ay baba na lang natin pag-usapan 'to.." dagdag ni Mokz at saka palang sya nilingon ni Nanay!

"M-Maaari ko ba syang bisitahin ulit mamaya?"

"Oo naman.." nakangiting tugon ni Mokz at saka sya inakay para maglakad.

Sumunod naman ako sa kanila at hindi pa man kami tuluyang nakakalayo ay may humarang na samin!

Naiangat ko ang paningin ko sa kanya at hindi ko sya makilala!

"D-Dayzelle." mahinang turan ni Nanay dahilan para lingunin ko rin sya!

K-Kilala nya rin ang isang yan?!

Hindi ko maintindihan ang paligid ko!

Bawat tao'ng nakikita ko ay nagdudulot ng mga tanong sa isip ko!

Hindi ko maipaliwanag ang pagkalito sa dibdib at isip ko!

"I didn't expect to see you.." walang emosyo'ng ani pa nung babae'ng yon na syang tinawag na Dayzelle ni Nanay! Hindi naman nakasagot si Nanay sa kanya! **"Where are you going?"** baling pa nito kay Mokz.

"H-Hindi tayo allowed magstay dito ng ganitong katagal dito sa Private Ward, Dayzelle.. Sinita na kami ni Doc Chua.."

"I see.." tugon ni Dayzelle at saka nilingon ang bukas na kwarto'ng yon sa gilid nya. **"Can I come?"**

"O-Of course.."

Binuksan ni Dayzelle ang pinto at saka tumayo ang isang pamilyar na babae at isang bata! Batid kong kapatid ni Deib Enrile ang babae'ng yon! Munit mas gulat akong napatitig sa lalaki'ng yon na nakahiga sa kama na sya'ng nilingon ni Dayzelle!

Si Randall!

Gulat akong napatingin kay Dayzelle at doon ko lang napansin ang bahagya'ng pagkakahawig nila!

"Dein, maiwan ko na muna kayo ni Rhumzelle dito kay Randall, kayo na munang bahala sa kanila.."

"Sige po.."

"Ako na lang po ang bahala kila Rhumzelle at Randall.." sabi pa ni Dein na nilingon kami at..

NANLAKI ANG MGA MATA NYA NUNG MAKITA AKO AT PASUGOD NA LUMAPIT SAKIN!

"What are you doing here---you criminal!!" sigaw nya agad sakin na ambang dadaklutin pa ako munit agad syang napigilan ni Mokz!

Napalayo ako sa takot at kaba'ng nararamdaman ko!

Gulat na gulat silang nilingon ako lahat at mga nagtatanong ang mga tingin nila sa akin!

Munit nawala ang kaba at takot na yon nung biglang..

HUMARANG SI NANAY HEURT SA HARAPAN KO!

"H-Hayaan ninyong ako ang magpaliwanag para sa batang ito.." malumanay na pakiusap ni Nanay munit mas napalitan ng pagtataka ang mga mata nila! **"A-Ako ang itinuturing niyang ina.."**

"W-What?!" hindi makapaniwalang singhal ni Chairman Moon!

"M-Magpapaliwanag ako.."

"H-Heurt!"

"H-Hayaan po ninyong makapagpaliwanag ako.."

N-Nay..'

Panandaliang nabalot ng tensyon ang sitwasyo'ng yon at halos maghabulan ang tibok ng puso ko sa bilis!

Hindi ko maipaliwanag ang biglaang takot na naramdaman ko!

At ang sumunod na nangyari ay maraha'ng hinila ni Nanay ang kamay ko at saka kami nagpaumunang maglakad!

"Wala kang ibang isasagot sa mga tanong nila---kundi ang totoo.. Walang iba kundi ang totoo, naiintindihan mo?" maawtoridad munit walang emosyong tanong ni Nanay sakin at natigilan naman ako.

"O-Opo.." naisagot ko rin.

Napapabuntong-hininga'ng nagtuloy sya sa paglalakad habang hila hila pa rin ako.

Kabado man ako ay may bahagi'ng yon sa puso ko'ng nagpapakalma sakin dahil ramdam na ramdam ko ang pagkakahawak ni Nanay sa kamay ko.

Sa g-ganitong panahon.. ako pa rin ang iniisip mo.. Nanay

Naghalo-halo ang emosyon ko at nangilid ang mga luha ko.

Namalayan ko na lang ay nasa labas na kami ng Ospital na yon.

Lahat sila ay humarap sa amin at kaming dalawa lang ni Nanay ang nakatayo sa harap nila!

Wala pa mang salita'ng namumutawi sa mga bibig nila ay nagtatanong na ang mga mata nila!

"H-Hindi ko alam kung paano 'tong sisimulan.." mahinang sabi ni Nanay at mas napatingin naman silang lahat sa kanya!

"What are you doing here?" pormal na tanong ni Maze sa kanya.

"S-Sya si Kev. Kev Gonza.." pakilala ni Nanay sakin dahilan para matigilan ako. Napatingin sakin ang lahat at nagtatanong na agad ang mga tingin nila! **"A-Anak sya ng n-napang-asawa ko."**

"So, hindi mo sya anak?" si Dayzelle.

"H-Hindi. Si Maxpein lang ang anak ko."

"Oh e anong gusto mong sabihin ngayon?" si Maze.

"Isa sya sa mga sumugod kila Maxpein kaninang madaling-araw----"

"What?!" hindi makapaniwalang tanong ng Daddy ni Maxpein dahilan para mas lalo akong kabahan! **"And you dare to show him up here?!"**

"H-Hindi ko naman pwedeng pabayaan na lang ang batang 'to, More. Anak na rin ang turing ko sa kanya.."

"Kung ganon---bakit hindi mo siya dinala sa presinto?! Papunta na ron ang mga kasama nya!"

"Galing na kami don, More." mahinang sambit ni Nanay dahilan para matigilan ang tinawag nyang More at pigil ang galit na napatingin sa akin!

"Bakit mo ginawa 'yon!? Bakit ninyo ginawa 'yon!" sigaw nya sakin dahilan para mapaingit ako sa takot!

Hindi ako nakasagot!

ipinaliwanag ni Nanay Heurt sa kanila ang mga sinabi ko sa mga pulis kanina sa presinto!

Pero kahit nasabi na ni Nanay Heurt sa kanila ang lahat ay ni hindi man lang nabawasan ang mga nagngangalit nilang tingin sa akin! Nananatili'ng nagtatanong ang mga tingin nila at puno'ng puno ng pagtitimpi'ng galit ang mga reaksyon nila!

"S-Sorry po.. H-Hindi ko po sinasadya.. Masyado akong nadala ng galit ko at h-hindi ko na namamalayan ang mga mali kong ginagawa.." pagpapaumanhin ko at pinakinggan naman nila ako! **"A-Alam ko pong**

huli na ang lahat para sabihin ko 'to dahil n-nangyari na ang lahat pero.. h-hihingi pa rin po ako ng tawad sa m-maling nagawa ko at kung meron man po kayong p-parusa'ng ibigay sakin ay tatanggapin ko.. Kung h-hihilingin nyo po'ng masaksak ako ngayon ay tatanggapin ko---"

"Sino ba kami sa akala mo para bigyan ka ng parusang hindi makatao?"

Natigilan ako sa sinabing yon ni Chairman Moon!

Deretso'ng deretso ang pagkakatingin nya sakin at pakiramdam ko ay maluluha na agad ako sa emosyo'ng naidulot non sa loob loob ko!

"Alam kong hindi ikaw---kundi si Choco Funtales ang syang sumaksak sa apo ko---bakit mo aakuin ang bagay na hindi mo naman ginawa, bakit mo tatanggapin ang parusa'ng hindi naman nararapat sa iyo?" pormal pa ring tanong nya munit hindi pa rin ako nakasagot! **"Pinaparusahan ang mga tao'ng nagkasala munit ang mga tulad ninyo'ng nasa murang edad ay hindi matututo sa parusa'ng katumbas ng mga nagawa niyo."**

Aaminin kong hindi ko maintindihan ang pinupunto nya dahil masyadong malalim ang mga salita'ng sinasabi nya munit ang malumanay na 'yong pananalita nya ay nagbigay ng mahinaho'ng pakiramdam sakin!

"Sa halip ay nais kong malaman kung bakit kailangang mas piliin mo'ng gawin ang bagay na hindi mo naman talaga ginagawa?" dagdag tanong nya pa.

"D-Dahil po sa galit.." naluluha ng sagot ko. **"G-Galit ko sa inyo na naisalin ko kay Maxpein.."**

"Bakit? Ano ba'ng nagawa namin sa iyo?"

Mas natigilan ako sa tanong nya'ng yon!

A-Ano bang nagawa nila sakin?? A-Ano nga ba'ng nagawa nila sa akin?!'

Hindi ako makahanap ng isasagot ko sa kanya!

Nanatili akong nakayuko at hindi malaman ang isasagot sa kanila!

"Si Maxpein ay anak ng Nanay Heurt mo sa anak ko'ng si More.." pagpapatuloy ni Chairman Moon at tiningala ko naman sya at tumingin sa mga mata nya habang nakikinig. **"Pero si Maze ang tunay na asawa ni More.. Sa madaling salita, anak nya sa ibang babae si Maxpein.."**

"N-Naiintindihan ko po.." napapahiya'ng sagot ko.

"Pero matagal na panahon ng hindi nagpapakita sa amin ang Nanay mo.. Paano'ng magkakaron ka ng galit sa amin kung ganong hindi ka naman namin kilala??"

"N-Nung minsan po kasi'ng humingi ng tulong ang Nanay ko---"

"K-Kev.." pigil sakin ni Nanay at sinenyasan naman sya ni Chairman Moon.

"Hayaan mo siya'ng makapagpaliwanag.." nakangiti pang sabi ni Chairman sa kanya kaya naman napapalunok na tumingin pa muna ako kay Nanay bago sa Chairman at saka nagpatuloy.

"N-Nakiusap po ang Nanay ko na b-bigyan kami ng tulong pero p-pinagtabuyan pa po nila ang Nanay ko.." pagpapatuloy ko.

"Pero wala akong matandaang ganon na ginawa ko..??" salubong pa ang kilay na tanong nya!

"S-Sya po ang gumawa non.." turo ko kay Maze na naniningkit ang mga mata sa galit na tumingin sakin!

Napabuntong-hininga na lamang ang Chairman at hindi nakasagot sa akin!

"Kung tatanongin mo ako kung bakit ko ginawa yon, hayaan mong sagotin kita.." nakangising sabat ni Maze kaya naman nilingon ko sya. **"Simple lang.. Dahil ayaw ko sa mga taong sumira sa pamilya ko.."** seryoso munit parang maiiyak ng sabi nya pa. **"Dahil hindi ko kayang makita ang mga taong sumira sa pamilyang pinangarap ko.."** umiyak na talaga sya ng tuluyan at mas natigilan ako! **"Paano kong tatanggapin ang babaeng humihingi ng tulong sakin para sa anak nya kuno habang ang anak nya ay nasa loob ng bahay at mataas ang lagnat!"**

Hindi ako makapaniwalang napatitig kay Maze!

Ramdam na ramdam ko rin ang pagkagulat ni Nanay sa narinig nya dahilan para mabitiwan nya pa ang pagkakahawak sa kamay ko!

"Paano mo nagagawang magmakaawa ng tulong para sa ibang tao nang hindi man lang kinukumusta ang lagay ng anak mo?!" pigil ang galit na baling ni Maze kay Nanay! **"Konting tulong para madala mo sa ospital ang anak ng napang-asawa mo!? Ha! Anong klase kang ina?! Alam mo ba kung paano'ng nagkakagulo ang pamilya namin nung oras na yon!?"**

"M-Maze.." mahinang nasambit ni Nanay.

"Sabagay.. E ano nga bang alam mo?! E ganyan ka lang?!"

"M-Maze, please---"

"Alam mo ba kung gaano kahirap para sa aming patinuin ang rebelde mong anak?!"

"Maze.." pigil ni Chairman Moon sa kanya.

"No, Chairman.." baling pa ni Maze kay Chairman Moon! **"Kailangang marinig ng babaeng 'to ang lahat para hindi nya naman isiping *aping-api* ang anak nya!"** aniya pa at saka muling tumingin kay Nanay! **"Gusto mo bang malaman kung pano naka-survive ang anak mo sa kamay ko!? Oo, aaminin ko. Hindi ako naging mabuting pangalawang Nanay sa anak mo dahil isa rin ako sa mga dahilan kung bakit nasira ang buhay nya!"**

Gulat akong nilingon si Nanay at bakas ang galit sa mga mata nya!

"Pinakiusapan kitang alagaang mabuti ang anak ko at um-oo ka, Maze!" sigaw ni Nanay sa kanya!

"Inalagaan ko ang anak mo, Heurt! Pinalaki ko---binihisan ko--pinakain ko--pinag-aral ko---lahat lahat ay ginawa ko para sa anak mo! Lahat ng hindi mo nagawa ay ginawa ko! Ultimong pagmamahal ko ay ibinigay ko pero walang ibang ginagawa ang anak mo kung hindi patuloy na sirain ang tiwala ako! Pinakiusapan mo akong huwag kong hahayaang matulad sya sayo pero nasa dugo niyo na nga yata ang gawin yan.. ang makipagbasag-ulo!"

"A-Anong ibig mong sabihin!?"

"Nakipagrelasyon ang anak mo sa anak ni Dayzelle na isa rin sa mga binugbong niyang anak-anak mo ngayon!" sigaw na naman ni Maze na dinuro pa ako! **"Si Dayzelle.."** turo pa nito kay Dayzelle.

HINDI KO NA MAINTINDIHAN ANG MGA SINASABI NILA!

Kung anu-anong tanong ang namumuo sa isip ko at maski isa doon ay hindi masagot kahit pa magsigawan sila sa harap ko!

Pagkalito

Takot

Kaba

Pagtataka

Gulat

Lahat yan ay nararamdaman ko at may binubuo'ng tanong sa isip ko pero maski isa sa kanila ay hindi ko masagot..

Hindi ko pala talaga kilala ang mga tao'ng 'to.. Ultimong ang tinuring kong Nanay.. h-hindi ko kilala..

DEIB'S POV

Wala sa sariling napasunod ako sa mga Moon nung makita ko silang papalabas ng Hospital.

Wala pa akong tulog pero alam ko kung anong nangyayari sa paligid ko.

Nakabantay ako kay Tob na hindi pa rin gumigising hanggang ngayon sa ICU.

Sa ngayon, si Tob na muna ang isipin mo.. Magiging okay lang ako..

Muli kong naisip ang sinabi'ng yan kanina ni Taguro bago sya tuluya'ng dalhin sa Private Room nya at ako naman ay nagderetso sa ICU Room ni Tob.

Munit nagmadali akong hubarin ang gown at kung anu-anong nakasuot sakin nung matanaw ko ang mga Moon kasama si Gonza at Heurt!

At ngayon, hindi ko maintindihan ang pinag-uusapan nila sa harap ko.

Nakatingin ako sa kanila at hindi ko maintindihan ang mararamdaman ko.

Nalilito ako!

Inalagaan ni Maze si Taguro noon? Minahal nya pa?! A-Anong ibig nyang sabihin?!'

Hindi ako makapaniwala sa mga naririnig ko at kung anu-anong naiisip ko!

"Nakipagrelasyon ang anak mo sa anak ni Dayzelle na isa rin sa mga binugbong niya'ng anak-anak mo ngayon!" sigaw na naman ni Maze na dinuro pa si Gonza! **"Si Dayzelle.."** turo pa nito kay Tita Dayzelle!

Natigilan ako..

Bakit nga ba ayaw na ayaw ni Maze sa relasyon ni Randall at Taguro?? W-Wala naman akong nakikitang mali pagkakaron nila ng relasyon..'

Tumingin si Heurt kay Tita Dayzelle na walang emosyo'ng nakatingin rin sa kanya! Nagtatanong ang mga tingi'ng pinagmasdan ni Heurt si Tita!

"B-Bakit sa anak nya pa??" biglang tanong ni Heurt at pakiramdam ko ay huminto na naman ang paghinga ko!

A-Ano bang mayron kasi kay Randall!?'

Hindi na ako mapakali at gusto ko ng marinig ang susunod na sasabihin nila!

Paniguradong hindi nila ako nakikita dahil bukod sa bahagyang nakatagilid sila sa akin ay masyado silang mga tutok sa isa't isa!

Wala ng estudyante'ng dumadaan dahil putok na rin ang araw, tangi'ng kami kami na lamang ang nandon maliban sa mangilan-ngila'ng dumadaan

at pumapasok sa ospital.

"Ewan ko.. hindi ko alam.. Masyado yata talagang mapaglaro ang tadhana.. Akalain mong naging bestfriend pa ng anak ko ang anak nila Ramrenz at Dayzelle. Unbelievable." si Maze!

"W-Will you please stop!" sigaw ni Tita Dayzelle dahilan para matigilan sila! **"Hindi kasalanan ng anak ko kung ano mang pagkakamaling nagawa ng asawa ko!"**

TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!

Hindi kasalanan ng anak ko kung ano mang pagkakamaling nagawa ng asawa ko!

Ano ba'ng pagkakamali ni Tito??

Lalo akong nakaramdam ng pagkalito!

"A-Ano'ng ibig mong sabihin, Mom?"

NANLAKI ANG MGA MATA KO AT KABADONG NAPALINGON AKO SA LIKURAN KO!

SI RANDALL!

"R-Randall.." wala pa sa sariling naiusal ko!

Bistado na nila ang pakikinig ko pero hindi na nila ako pinagtuunan ng pansin!

Natuon kay Randall ang paningin nila na kasalukuyang nakaupo sa wheelchair at nakatingin sa kanila!

Bakas ang magkahalong pagkalito at galit sa mga mata ni Randall!

"R-Randall, anak." si Tita Dayzelle! Sinubukan nya pa'ng humawak sa braso ni Randall pero galit na hinawi yon ni Randall!

"Explain everything to me." nagtitimpi'ng tugon ni Randall sa kanya!

"R-Randall---"

"I said---explain everything to me!" emosyonal na sigaw ni Randall sa kanya dahilan para magsimula'ng tumulo ang mga luha sa mga mata nya! **"A-Anong sinasabi mong *h-hindi ko kasalanan ang kasalanang nagawa ni Dad*---ano ba'ng ginawa ni Dad, Mom??"**

"R-Randall.. this is not the right time---"

"I want to hear it now.."

"R-Randall---pleasee!!"

"I said, I want to hear it now.." lumuluha na ri'ng pilit ni Randall. **"H-Hanggang ngayon kasi.. h-hindi ko maintindihan kung bakit.. g-ganon na lang kayo kadesididong paghiwalayin kami ni Maxpein---hindi ko.. h-hindi ko maintindihan.. H-Hindi ko maintindihan kung bakit**

kailangang m-mangyari 'yon sa taong minahal ako ng higit pa sa kailangan ko.. H-Hindi ko masagot ang sarili ko'ng tanong na kung bakit kung kailan nagtino na ako---doon pa ako napilitang maggago ng tao! Bakit!!" malakas na sigaw nya! **"Bakit hindi niyo ngayon sabihin sakin kung bakit ang tanga tanga ko---nagpadala ako sa mga sinasabi niyo ng walang dahilan! Ngayon nyo sabihin sakin!"**

"R-Randall---please.."

"I want to hear it now, Mom.. Kung gusto mong ituring pa kitang Mommy ko---sabihin mo sakin ang totoo.. Anong mayron sa pagitan niyo'ng tatlo??" tanong ni Randall na tinuro sina Maze, Heurt at Tita Dayzelle! **"A-Anong nagawang kasalanan ni Daddy kaya hindi pwedeng maging kami ni Maxpein??"**

"R-Randall.." halatang hindi malaman ni Tita Day ang sasabihin, umiiyak na sya at walang hinto ang tulo ng mga luha nya! Munit nananatil'ng matigas ang puso ni Randall!

"For the last time. I'm begging you. Please explain everything to me." lumuluha munit matigas ang emosyo'ng pakiusap ni Randall!

"N-Ni-RAPE ng Daddy mo si H-Heurt."

TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!

Ni-RAPE ng Daddy mo si H-Heurt..

Para akong mababaliw sa sobrang daming ulit non sa isip at tenga ko!

Tuluyang huminto ang paligid ko at ni isa ay wala na akong malitang kilos pa!

Hindi ko maipaliwanag ang mararamdaman ko!

Sobrang bilis ng tibok ng puso ko at pakiramdam ko at hindi may namumuo'ng tensyon sa dibdib ko!

"N-No." hindi makapaniwalang sagot ni Randall.

"R-Randall.."

"T-That is not true.. B-Bawiin mo ang sinabi mo---hindi totoo yan!"

"R-Randall---anak---"

"Wag mo kong hawakan! W-Wag mo kong hahawakan.." galit na pakiusap pa ni Randall na dinuro sa mukha ang sarili'ng ina!

"P-Pero h-hindi naman yon sinasadya ng Daddy mo, Randall---"

"A-Anong hindi sinasadya, Mom!? Pwede ba'ng mangyari'ng h-hindi mo sinasadya'ng makapanggahasa?!"

"R-Randall!"

"A-All this time." lumuluhang dagdag ni Randall. **"He was the best thing in my life.. He was a h-hero. A-Ahh."** at tuluyang umiyak si Randall ng parang bata.

Yumakap si Tita Day kay Randall na animo'ng babae dahil humahagulgol pa sa pag-iyak!

Hindi ko maintindhan ang mararamdaman ko.

May nalaman akong bago pero parang lalo lang nadagdagan ang mga tanong sa isip ko!

Pero isang bagay lang ngayon ang masasabi ko.

Kaya ayaw nilang magkatuluyan sila.. dahil ayaw nilang kamuhian nila ang isa't isa kapag nalaman nila ang nakaraan ng mga magulang nila..

K-Kaya ba sinasabi nilang hindi sigurado si Maze kung sinong tunay na Daddy ni Taguro??

Parang hinaplos na naman ang dibdib ko.

Hindi ko maintindihan kung anong mararamdaman ko para kay Taguro.

OceanofPDF.com

CHAPTER 154

RANDALL'S POV

"Ang lahat ng sinabi ninyo..." napapalunok na sambit ko habang pinipigilan ang emosyon ko. **"A-Alam ba 'to lahat ni Maxpein?!"** madii'ng tanong ko na deretsong nakatingin kay Mommy!

"R-Randall.." naiusal nya lang at hindi sumagot!

"Just answer me.. Alam ba ni Maxpein 'to!?"

Isa-isa akong tumingin sa kanila at lahat ni isa sa kanila ay hindi makatingin sa kain!

Napapailing na napayuko ako at ilang beses na napahilamos sa mukha ko!

"H-Huminahon ka hijo, h-hindi yan makakabuti sa kalagayan mo.." may nagsalita. Iniangat ko ang paningin ko sa nagsalitang yon at nagtama ang paningin namin ni Heurt!

Yung magtama lang ang paningin naming dalawa ay nag-iiba na ang nararamdaman ko!

Naghahalu-halo ang awa at galit sa puso ko at hindi ko alam kung anong sasabihin ko!

Gusto kong magsorry pero hindi ko alam kung sa anong paraan ko 'to sasabihin!

"A-Alam ba ni M-Maxpein 'to?" pigil ang emosyong tanong ko muli! Napakuyumos pa ang magkabila'ng kamay ko habang hinihintay ang sagot nila!

Pero wala paring sumagot!

Nakaramdam ako ng tensyon sa dibdib ko at inis na tumingin ako sa kanila! Batid kong alam ko na ang sagot sa tanong ko pero kailangan ko ng kumpirmasyo'ng mula sa bibig nila mismo!

"Sagutin niyo ako---alam ba ni Maxpein yang mga sinasabi nyo!"

"H-Hindi! Hindi! Hindi nya alam at wala syang alam!" sigaw ni Maze dahilan para matigilan ako ng tuluyan at manlaki ang mga mata'ng tumingin sa kanya! **"Sa tinign mo ba kung may alam sya ay hahayaan nyang lumapit ka pa sa kanya?!"**

"Bullshit!" malakas na sigaw ko dahilan para magulat pa sila'ng pare-pareho! **"This is bullshit!"** emosyonal pang sabi ko at ayun na naman yung mga luha'ng nangilid sa mga mata ko!

"R-Randall, anak.. P-Please understand.. The situation is not that easy for us.."

"But you're making it more complicated, Mom! Gumawa kayo ng kasinungalingan sa pagitan ng dalawang taong---anak niyo!" turo ko sa kanilang dalawa ni Heurt!

"M-Masyado pa kayo'ng bata n-nung magkaron kayo ng relasyon at m-masyado pa kayo'ng bata para makarinig ng ganon kaselan na issue---"

"But what I'm pointing here is---you lied to me! You lied to us! All of you!"

"We have no choice!" sigaw ni Maze at galit naman akong napatingin sa kanya!

"That's why you chose to lie.." tatangu-tango pang tugon ko at saka mabilis na pinahiran ang mga luha ko! **"Good choice.."** sarkastikong dagdag ko! **"Fvcking choice!"**

"Sa tingin mo.. A-Anong mararamdaman mo kung buhay ngayon ang Daddy mo at nalaman mo ang totoo??" marii'ng tanong ni Maze at natigilan ako.

Bumilis ang tibok ng puso ko at napahawak ako sa armrest ng wheel chair na yon.

Napapalunok akong napaisip!

A-Ano nga kayang mararamdaman ko? B-Buo'ng buhay kong tiningala ang Daddy ko kahit pa hindi ko maabot ang lahat ng gusto nya.. K-Kahit pa ipinamukha niya sakin kung sino ang mas magaling na estudyante para sa kanya.. Kahit pa kinailangan kong makipagtunggali sa mismong kaibigan ko.. g-ginawa ko, makuha ko lang ang atensyon nya.. D-Dahil para sakin, sya lang at wala ng iba ang dapat kong tinangalain.. D-Dahil lahat ng bagay na meron sya ay bida sakin.. A-Ano nga kayang mararamdaman ko kung nalaman ko nung mga oras na buhay pa sya ang mga narinig ko ngayon? Nalilito ako!'

Ang dami daming tanong na nabuo sa isip ko!

Muling nangilid ang mga luha ko at nagsimula na namang manikip ang dibdib ko!

"A-Ang dahilan kung bakit hindi ko magawa'ng sabihin sa inyo ang tungkol sa nakaraan ng mga magulang ninyo dahil alam kong wala ako sa posisyon para sabihin yon! Huli na rin nung malaman kong nagkakamabutihan kayo ni Maxpein! Yung makipagkaibigan ka sa anak ko ay matatanggap ko pa pero yung manligaw ka kay Maxpein.. h-hindi ko kinaya.." dagdag pa ni Maze at hindi makapaniwalang nakinig naman ako sa kanya! **"At m-mas hindi ko matanggap y-yung mga pagbabago sa batang yon simula nung mapasama sya sayo, Randall.."**

"T-Tita.." napapahiyang usal ko pa habang patuloy ang pangingilid ng mga luha sa mga mata ko!

"N-Nakakita sya ng kakampi sa katauhan mo.. Nagkaron sya ng kausap dahil nasa tabi ka nya.. Nakakuha sya ng karamay dahil minahal niyo ang isa't-isa.. Pero alam kong sa huli, mali pa rin at mas kamumuhian niyo ang isa't-isa kapag nalaman niyo ang sikretong nakatago sa likod niyo.."

"P-Pero hindi pa rin sapat na dahilan yon para.. p-para p-pangunahan at saktan mo kami ng ganon, Tita.."

"Hindi ko sinabing tanggapin mo ang dahilan ko dahil ginawa ko yon base sa alam kong tama at sa kagustuhan kong mapabuti kayo pareho.. Hindi ako nagdadahilan sayo, Randall. Sinasabi ko lang sayo ang totoo para may ideya ka kung anong tumatakbo sa isip ko kung bakit ko ginawa yon. Oo, nagsinungaling ako. Oo, naging makasarili ako. Pero yun lang ang paraan na alam ko para hindi kayo masaktan tulad ng nararamdaman mo ngayon."

"Hindi ko maintindihan!" galit na sigaw ko sa kanya!

"Hindi mo talaga maiintindihan dahil iba na ang sitwasyon ngayon, Randall.. Hindi mo na mararamdaman yung iniiwasan kong maramdaman niyo noon dahil ngayon---wala na ang Daddy mo. Sa tingin mo, matatanggap ka ni Maxpein kapag nalaman nya ang totoo?"

"Pero s-sana---sinabi niyo ang totoo para mas alam ko kung anong gagawin ko!"

"Pero hindi ikaw ang iniisip ko!" sigaw nya sakin at natigilan ako! **"Si Maxpein at hindi ikaw ang iniisip ko, Randall.."** madii'ng dagdag pa ni Maze dahilan para mas matigilan ako! **"Dahil kung ako ang tatanongin.. wala akong pakialam sa nararamdaman mo.. Pero sa mararamdaman ni Maxpein nung oras na yon---mayron akong pakialam!"**

"Enough!" pigil ni Mommy kay Maze at nanatili naman akong nakayuko at hindi na naman malaman ang mararamdaman ko!

At doon nagsimulang mangibabaw ang katahimikan sa pagitan naming lahat! Wala akong ibang marinig kung hindi ang impit na iyak sa loob ko! Ang pigil na galit sa dibdib ko! Ang bilis ng tibok ng puso ko!

Pakiramdam ko ay huminto ang ikot ng mundo ko!

S-Sana pala h-hindi na lang ako bumaba.. e-edi sana h-hindi ko narinig lahat 'to!!

Hindi matanggap ng sistema ko ang lahat ng mga narinig ko!

Lahat lahat!

Simula umpisa hanggang sa huli!

LAHAT.. AYOKONG TANGGAPIN!

Nanlulumo ako..

Gusto kong tumayo mula sa pagkakaupo ko sa wheel chair na 'yon pero kulang ang lakas ko!

Alam kong hindi pa nakakabawi ang katawan ko sa sobrang pagod na naramdaman ko sa nangyari kaninang madaling-araw.

Kanina ay ramdam ko na ang sakit sa mga sugat na tinamo ko mula sa nangyari kaya naman nagising ako sa pagkakatulog at hindi ko na magawang makatulog pa ulit.

Tulog na tulog sila Dein at Rhumzelle sa sofa na yon na nasa harap ng Hospital Bed ko.

Nakayanan ko'ng bumangon mag-isa munit ang magtagal sa paglalakad ang sa tingin ko'ng hindi ko kakayanin.

"Hon! Hon!" dinig kong tawag sakin ni Dein at doon lang bumalik ang wisyo ko, pero hindi ko sya nagawang lingunin! Agad kong pinunasan ang mga luha'ng yon na nasa mukha ko! **"A-Ano ba'ng nangyayari sayo?! Bakit ka lumabas dito?!"**

"D-Dein, iha.. Pano'ng nakalabas si Randall dito?" tanong pa ni Mommy sa kanya.

"S-Sorry po talaga, Tita.. N-Nakatulog po kasi ako.. Naalimpungatan na lang ako, w-wala na po sya sa bed nya.. Sorry, Tita.." paumanhin ni Dein sa kanya at saka naupo sa tagiliran ko at inihawak ang dalawang kamay sa braso ko. **"Hon, let's go inside.. Huh?? Kailangan mo pa'ng magpahinga.."**

"Susunod nako.." malumanay na sagot ko.

"A-Ano ka ba, baka mapano ka dito e.. Halika na, ihahatid na kita ulit sa room mo.."

"Sige na, Randall, hijo.. S-Susunod na ako doon.." sabi pa ni Mommy at tinignan ko na lang sya.

Sinulyapan ko pa isa-isa ang mga tao'ng nandoon at lahat kami ay nagpalitan ng makakahuluga'ng tingin.

Hindi ko pa rin maintindihan ang mararamdaman ko. Nangingibabaw ang galit sa dibdib ko at gulo'ng gulo ang isip ko! Nanghihina ako sa mga bagay na nalaman ko at hindi ko alam kung kanino ako kukuha ng lakas ngayon!

Naramdaman ko ang pagpunta ni Deib sa likuran ko kaya naman napayuko ako at kusa'ng tumulo ang mga luha ko.

B-Bakit kailangang malaman ko 'to?? B-Bakit kailangang g-gawin mo yon. Dad??

"N-Noona.."

"Deib!? What are you doing here?"

"A-Ako na ang magtutulak kay Randall.."

Dinig na dinig ko ang usapan ng magkapatid sa tabi ko pero wala akong ibang inintindi pa kundi ang laman ng isip ko.

H-Hindi ko matanggap.. P-Paano ako magpapaliwanag kay Maxpein?!'

Naghahalu-halo talaga ang emosyon sa dibdib ko, hindi ko malaman kung alin sa mga nararamdaman ko ang nangingibabaw sa ngayon.

Galit.

Pagtataka.

Kaba.

Panlulumo.

Lahat ng yan nararamdaman ko ng sabay sabay ngayon.

Si Maxpein na parang problema na tinubuan ng ulo, katawan at mga paa.. A-Anong klaseng pagkatao ba meron ka nung unang buhay mo para tamuhin mo ang ganitong kalungkot na buhay dito?

Para akong mababaliw kaiisip!

Maya maya pa ay namalayan ko na lang, nasa room ko na ulit kami.

"Natulog ka na ba, Deib??" dinig kong tanong ni Dein sa kapatid nya habang wala pa rin sa sariling tumingin ako sa labas ng bintana. Nakinig lang ako sa kanila.

"H-Hindi pa pero.. hindi pa rin ako gutom.."

"San ka galing?"

"Kay Tob.."

"K-Kumusta na pala si Tob?"

"H-Hindi pa rin sya gumigising e.. I-Iyak pa rin ng iyak ang Mommy nya.."

"Hindi pa rin ako makapaniwala sa nangyari.. Kanina nung nakaidlip ako.. n-nagising ako kasi feeling ko may nakahawak pa rin sa katawan ko! Creepy!"

"K-Kumusta ang pakiramdam mo, Noona? W-Wala ba'ng masakit sayo??"

"Wala, okay lang ako.. Sa ngayon, si Randall at yung iba pa nating kasama ang iniisip ko.." bakas ang pag-aalala sa tono'ng sabi pa ni Dein.

"Si Maxpein?" singit ko sa kanila at ramdam kong natigilan sila. Kasalukuyan akong nakatalikod sa kanila at nakaharap sa bintana kaya naman hindi nila nakikita ang mga luha'ng patuloy pa ring pumapatak sa mukha ko. **"K-Kumusta sya?"**

"H-Hindi pa rin sya gising.." si Deib ang sumagot.

Napapikit ako sa sinabi nya at mas nanikip ang dibdib ko.

At p-paggising nya.. M-May sasalubong sa kanyang panibagong problema.. I-I'm so sorry, Pein..

Napakagat ako sa labi ko sa sarili kong isipi'ng yon.

"Si Maxwell ay hindi pa rin gising, si Yaz ay kasama si Parrot na nagpapahinga na at nagpapagaling.. Pero okay na daw ang pakiramdam ni Yaz.. Binabantayan sila ngayon nila Lee at Parrot, si Parrot kay Yaz at sila Lee at Maxrill naman ang nandon kay Maxwell.."

"Nice to hear that.." si Dein.

"S-Sila Tob at M-Maxpein ang mas napuruhan sa lahat kaya naman, s-silang dalawa ang hinihintay kong maging okay.."

"Nasan si Tob?" tanong ko at saka palihim na pinahiran ang mga luha ko at saka iniharap sa kanila ang wheel chair ko.

Parang nanlulumo namang tumingin sa akin si Deib.

Mula pa kanina ay hindi ko na namalayan kung anong mga nangyari sa iba ko pang mga kasama.

Masyadong napagod ang katawan ko kaya naman nung nailapat ko ang katawan ko sa kama'ng yon sa E.R. mula nung dalhin kami dito ay nawala na ang malay ko sa mga sumunod na nangyari. Nagising na lang ako at ito ang sunod na nangyari.

"N-Nasa ICU sya.." malungkot na sagot ni Deib at nagulat pa rin ako at pati ako ay nakaramdam ng panlulumo.

"Kumusta ang lagay nya?" baling ko kay Dein, nagbabakasakaling alam nya ang sitwasyon ni Tob.

"H-He's not okay, although okay ang vital signs nya.. H-Hindi pa rin sya gumigising.." malungkot na sagot ni Dein at napabuntong-hininga naman ako. Ang bigat bigat ng dibdib ko at matinding pagsisisi ang nangibabaw sa kalooban ko!

"A-Anong sabi ng mga doktor nya?"

"M-Major Head Injury.. P-Posible'ng ma-comatose sya.."

"W-What?!" gulat na tanong ko.

"H-Hindi natin sya nadala agad sa Hospital.. S-Sumuka na sya ng dugo don kanina at h-hindi na halos makatingin ng deretso sa mga kumakausap sa kanya.. Kahit ako ay kita'ng kita ko ang bakas ng malakas na pagpalo sa ulo nya kaya naman.. h-hindi na ako magtataka kung ganon ang naging resulta nung pagkakahampas sa kanya.." maluha-luha'ng paliwanag ni Dein! **"H-Hindi ko akalaing aabot sa ganito ang gulo'ng yon.. Tobi doesn't deserve this.. we don't deserve this!"**

"Hindi ko inaasahang aabot 'to sa ganito.." hindi makapaniwalang usal ko pa. **"W-Wala namang ginawa sa kanila yung tao.."**

"H-Hindi ko rin alam kung paano akong magpapaliwanag sa kay Tita.." patungkol ni Deib sa Mommy ni Tob! **"P-Puro tanong ang sumalubong sakin kanina at wala akong choice kung h-hindi magkwento ng magkwento pero.. h-hindi lahat ng tanong nya ay nasasagot ko.. H-Hindi ko kilala ang mga yon at.. h-hindi ko alam kung bakit nila ginawa yon!"**

K-Kasalanan ko rin 'to.. K-Kung hindi namin sila masyadong ginalit sa ginawa naming pagsugod ni Maxpein sa Luma ay paniguradong hindi ganito kagrabe ang ganti'ng inabot namin!'

"A-Alam na ba ni Maxpein ang lagay nya??" tanong ko pa.

"W-Wala pa syang alam kahit na ano.." makahulugang tingin ang iginanti sakin ni Deib! **"H-Hindi pa rin sya gumigising mula pa kanina.."**

"Napagod sya panigurado.." si Dein. Napailing naman ako at napabuntong-hininga.

"S-Sana.. bangungot lang lahat 'to.." mahinang usal ko pa.

Sana nga ay bangungot lang lahat 'to at magising na ako.. Sana magising na ako.. H-Hindi ko kaya'ng tanggapin lahat 'to..

Nagsisimula na namang mangilid ang luha ko kaya naman agad akong napahilamos sa mukha ko ng hindi iniinda ang maliliit na kirot mula sa sugat pasa'ng nandoon!

DEIB'S POV

Parang gumuho ang mundo ko sa mga narinig ko.

Pakiramdam ko ay Taguro na ang pinaka-nakakaawa'ng nilalang na kilala ko!

Babe.. Kahit anong m-mangyari.. w-wag kang magagalit sa mundo..

Gusto kong sumigaw para mabawasan ang tensyon sa dibdib ko!

Hindi ko magawang ilabas lahat ng nararamdaman ko dahil nandito ngayon sila Noona at Randall sa harap ko! Alam kong nahihirapan rin si Randall ngayon dahil sa mga nalaman nya at tulad ko ay puno'ng puno rin ng katanungan ang isip nya!

At alam kong tulad ko.. hindi nya rin magawang magsalita ngayon dahil walang alam si Noona!

Sa twing magtatama ang paningin namin ni Randall ay nagiging makahulugan ang tingin namin sa isa't-isa! Batid kong alam niyang may narinig ako at pareho naming hindi malaman kung paano'ng makikisama sa isa't-isa!

Pero isang bagay ang ang importante sakin ngayon.. ang nararamdaman ni Taguro---lahat lahat ng nararamdaman ni Taguro..

Hindi ko alam kung paanong natakpan ng mga narinig ko ang kaninang pag-aalala'ng nararamdaman ko para sa mga kaibigan at kasama ko, lalo'ng lalo na kay Taguro!

Ni hindi ko man lang maramdaman ang pagod, antok at gutom kahit pa ilang oras na akong paikot-ikot at pabalik-balik sa iba't ibang kwarto! Magkakahiwalay man ang kwarto nila ay magkakatabi rin kaya naman hindi naging mahirap saki'ng puntahan 'yon isa-isa!

Pero nakapanlulumo ang mga nalaman ko..

Bakit kailangang ganito ang maging klase ng buhay na meron ang tao'ng mahal ko.. P-Pakiramdam ko tuloy ay h-hindi'ng hindi ko sya pwede'ng saktan sa anumang klase'ng bagay o paraan para man lang hindi ko na madagdagan ang mga sakit nya sa buhay!

"A-Aalis na muna ako.." wala sa sariling sabi ko mula sa pagkatulala ko.

"Where are you going??" si Noona, tinignan ko naman sya sa mga mata.

"G-Gusto kong makita si Taguro.." mahinang usal ko at tumango naman sya.

"S-She will be fine.." sabi pa ni Noona at pilit ang ngiti'ng iginanti ko. Tumingin pa ako kay Randall at ayon na naman yun makahulugang tingin nya!

Pakiramdam ko ay sinasabi sakin ng mga tingi'ng yun na..

Wala ka munang dapat sabihin..

Nahihirapan ako sa sitwasyon!

Naguiguilty ako dahil may nalaman akong hindi ko dapat malaman! May narinig akong hindi ko dapat marinig!

S-Sa ganitong sitwasyon.. s-sana pala umalis na lang ako at hindi na tinapos ang napakinggan ko..

NAKARAMDAM AKO NG MATINDING AWA PARA KAY TAGURO!

Dahan dahan akong lumabas ng kwarto'ng yon ni Randall at pakiramdam ko ay nahihilo ako habang papalapit sa kwarto'ng yon ni Taguro.

Nakahawak pa ang kana'ng kamay ko sa pader habang papalapit sa pinto ng kwarto ni Taguro.

At nung marating ko yon ay tinanaw ko pa sya sa maliit na salaming bintana'ng yon sa pinto.

Pero bakit ganon? Parang lalo pa kitang minamahal sa kabila ng mga nalalaman ko..

Wala sa sariling binuksan ko ang pinto ng kwarto nya at saka ako pumunta sa tabi nya saka pinagmasdan ang mukha nya. Napangiti pa ako nung makita kong bahagyang nakabuka ang bibig nya at gumagalaw pa yon sa twing hihinga sya.

"Mahal na mahal kita, Babe.. L-Lahat lahat ng may kinalaman sayo ay mahal ko.. Hehehehe.. Ang korni ba??" pigil ang emosyo'ng usal ko habang nakatingin sa mukha nya.

Hinila ko pa ang upua'ng nandoon at itinabi yon sa kama nya.

Pinagpatong ko ang dalawang braso ko at saka iniyuko doon ang baba ko at saka ako deretsong tumitig sa mukha nya.

"G-Gumising ka na dyan at magpagaling ka ng mabilis.. P-Parang mamamatay na ang puso ko.." malungkot pang sabi ko. **"K-Kung kinakailangang bantayan kita maghapon.. gagawin ko.. W-Wag ka lang mawala sa paningin ko.."**

Napabuntong-hininga ako dahil pakiramdam ko ay napakarami ko ng nasabi munit wala akong makuhang sagot.

Napatitig ako sa mukha nya munit walang nagbago sa itsura nya maski isa..

Inalala ko pa ang lahat ng ginawa niya kanina at hindi ko pa rin maiwasang mamangha..

"A-Ang galing galing mo pala talaga sa bakbakan.." mahinang bulong ko pa. **"P-Pakiramdam ko tuloy.. W-Wala kang bagay na hindi kaya'ng gawin.. Pati gwapo'ng tulad ko---nagawa mo'ng paibigin?! Hahahahahahaha! Shet.."**

~KNOCK! KNOCK!~

Gulat pa akong napalingon sa pinto!

Napapalunok akong tumayo nung makita ko si Heurt doon! Bumukas ang pinto at pumasok sya! Agad naman akong tumayo at tumango sa kanya!

Ngumiti naman agad sya sakin!

HINDI KO ALAM KUNG PAANO AKONG MAGREREACT**!**

"N-Nakakaabala ba ako??" nakangiting tanong nya pa at natigilan naman ako!

"A-Ahh--hindi.. Hindi po.." tanggi ko pa na isinensyas ang dalawang kamay ko! Ngumiti naman sya at saka bahagyang lumapit pa.

"Maaari ko bang malaman ang pangalan mo?"

"A-Ahh.. D-Deib.. Deib Lohr Enrile.."

"Mmm.. Nice name.."

"Gwapo rin ako.. Hehehe----"

"H-Ha??"

"T-Thank you po.." naiilang pang sabi ko at tumingin naman sya kay Taguro kaya naman nilingon ko rin si Taguro at saka ako tumingin ulit sa kanya! **"K-Kayo ang Mommy nya..??"** hindi ko malaman kung patanong o pasabi ang tono'ng sambit ko!

"Mmm.." nakangiting sabi nya pa. **"Pero si Maze ang kinalakihan nyang Nanay.."**

"M-Mommy rin kayo ni Gonza?" tanong ko at natigilan sya at napatitig sakin. **"A-Ahh.. K-Kilala ko rin sya.. n-nagkalaban po kami nung sportsfest.."** dagdag ko at doon nya pinagmasdan ang kabuuan ko.

"I-Isa ka rin ba don sa mga nabugbog kanina??"

"O-Opo.."

"H-Humihingi ako ng paumanhin sa g-ginawa nila sa inyo.. Nalulungkot ako sa nangyari at h-hindi ko inaasahang magagawa nila ang bagay na 'to.."

"H-Hindi ko rin inaasahang aabot sa ganito ang mangyayari.. m-masyado'ng naging magulo ang mga nangyari pero.. w-wag na po nating pag-usapan.." sabi ko pa napapalunok!

"S-Sana pala ay dumating ako ng mas maaga.." parang nanlulumo pa'ng sabi nya at mas napatitig naman ako sa kanya! **"K-Kung dumating siguro ako ng mas maaga ay hindi na nya inabot pa 'to.."**

"M-Misis.." wala sa sariling nasambit ko at napangiti naman sya dahilan para makaramdam ako ng pagkapahiya!

"Heurt.."

"P-Po??"

"Heurt ang pangalan ko."

"A-Ahh.. Oo nga h-hehehe.. A-Ang totoo ay alam ko po.."

"A-Alam mo??"

"Mmm.. M-Minsan na rin kasi namin kayo'ng binisita ni Tagu---- Maxpein sa bahay niyo.." paliwanag ko at natigilan naman sya at napapailing na humarap sakin!

Ang daldal mo talaga, Deib!

Kinabahan ako sa sarili kong nasabi at nakagat ko ang sarili kong labi!

Pero mas nagulat ako nung tumingin lang sya sakin at saka bahagyang natawa!

A-Anong nakakatawa?!'

Pareho silang weird na mag-ina!

Hindi ko malaman kung anong mararamdaman ko sa naging reaksyon nya!

"H-Hindi ba kayo magugulat na.. a-alam ng anak niyo kung saan kayo nakatira??" naiilang pang tanong ko at agad namang umiling sya dahilan para mas magtaka ako! **"B-Bakit??"**

"Kasi alam kong pumupunta sya doon.."

"A-Alam niyo?!"

"Mmm.."

"P-Pano!?"

"Naaamoy ko.."

"N-Naaamoy!?" nalilito'ng tanong ko!

"Mmm.."

"Pano!?"

"Hahahahaha!"

KINALABUTAN AKO SA NAKITA KO!

Pakiramdam ko ay si TAGURO ang tumawa'ng yon sa harap ko!

Hindi ko maipaliwanag ang naramdaman ko nung makita ko sa paraan ng pagtawa nya ang paraan ng pagtawa ni Taguro! Ultimo'ng ang mga reaksyon ni Taguro ay hindi malayo sa kanya!

Mas m-madalas na blangko ang mukha ni Taguro pero.. h-hindi nagkakalayo ang mga reaksyon nila! K-Kitang kita ko ang mga namana ni Taguro sa kanya!'

"P-Para kayong si Taguro.."

"T-Taguro??"

"H-Ha?! H-Hahahhaha!!" malakas na tawa ko kunwari at saka ako napakagat sa labi ko at tumingin sa kanya! **"Y-Yun napakagandang babae sa isang anime.. si T-Taguro..?"**

"Mmm.. Taguro.."

"Opo.. T-Taguro.."

"Hindi ba't.. Toguro iyon?"

"H-Ha??"

"Hahahaha. TO-GU-RO.. Toguro 'yon, yung napakalaking lalaki sa Ghost Fighter.."

Damn! I'm busted!

Hindi ako nakasagot sa kanya at bahagya pa akong napakamot sa ulo ko!

T-Toguro ba yon?! A-Akala ko Taguro..

"Nung minsan ay.. nagdala pa sila ng Groceries sa bahay namin kaya naman.. tuwang tuwa ang mga anak ko.." nakangiti nya pa'ng kwento. **"Hindi ko alam kung paano nyang natunton ako pero.. masaya ako'ng malaman na.. g-gusto nya pa ring makilala ako.."**

Parang hinaplos ang puso ko sa narinig ko!

Hindi ko malaman kung anong sasabihin ko pero hindi ko rin maalis kay Heurt ang paningin ko! Parang nakikita ko talaga si Taguro'ng nagsasalita ngayon sa harap ko!

"M-Mabait ang anak niyo.."

"Mmm.. Talaga?"

"Opo.. Hehehehehe! Kahit gawan mo sya ng masama---magiging mabait pa rin sya sayo.." nakangiti pang kwento ko at saka ko nilingon si Taguro at muli'ng pinagmasdan ang mukha nya. **"Malakas syang mang-**

asar pero.. I-Ililigtas ka nya kung k-kinakailangan kahit pa may nagawa kang mali sa kanya.. Hindi ka nya pababayaan sa oras ng k-kapahamakan at sa huli m-magugulat ka pa kapag nalaman mo'ng ikaw pa rin ang iniisip nya hanggang sa huli.." napangiti pa ako uli at saka pinigilan ang mga luha'ng yon na nagbabadyang tumulo mula sa mga mata ko. Napabuntong-hininga pa ako at saka pilit ang ngiting muling tumingin kay Taguro. **"G-Gagawin nya ang lahat, w-wag lang mapahamak ang mga tao'ng malapit sa kanya.."**

"GInawa nya ba ang lahat ng yan sayo?"

Natigilan ako at hindi makatingin sa mga mata nya nung lingunin ko sya! Pero natigilan pa lalo ako nung sa di inaasahan ay *NGUMITI* lang sya!

"Kung ganon.. wag mo syang pababayaan."

"H-Ha??"

"Wag mo hahayaang mawala sya sayo.."

"Opo!" mabilis na sagot ko at mas ngumiti naman sya.

"Kinagagalak kong makilala ka, Deib Lohr.."

"A-Ako rin.." napapangiti'ng sabi ko pa!

Hindi ko maintindihan ang matinding saya na idinulot nun sa pakiramdam ko!

Wala syang sinabi'ng maganda pero hindi ko mapigila'ng matuwa sa naging pag-uusap namin!

~KNOCK! KNOCK!~

Sabay kaming napalingon sa pintuan ni Heurt nung may kumatok pa'ng muli doon!

Pumasok si MORE!

"Tito.." napapatango pa'ng bati ko at tumango rin sya ng bahagya sakin at saka tumingin kay Heurt at saka tumingin kay Taguro.

"Dadalin na sya sa Operating Room.."

"Ngayon na?" gulat pang tanong ko at tumango naman sya! Kasunod non ay pumasok ang apat na nurse na may dalang stretcher at agad na lumapit sa amin!

"Don kayo sa kabila.." dinig kong utos pa nung isang nurse sa dalawa na agad na pumunta sa tabi ko!

"Sir, excuse me po.." dinig kong sabi pa ng isang lalaki sakin kaya naman napatabi ako!

Itinabi nila ang stretcher sa kama ni Taguro! Ang dalawang nurse ay nasa harap ko at ang dalawa pa ay nasa kabilang side kung saan bahagyang

nakapatong pa sa stretcher! Nasa gitna ng apat na nurse na 'to ang magkatabing stretcher at kama ni Taguro! Sabay sabay nilang hinawakan ang magkabilang side ng bed sheet ni Taguro at saka nagtinginan pa sa isa't isa!

"One.. two.. three---haaa!!!!" sabay sabay pa nilang sabi nung buhatin nila si Taguro papunta sa stretcher! Agad naman akong pumunta sa side nila at naki-alalay kay Taguro! **"Pakikuha yung dextrose, Eric.."** sabi pa nung isang nurse na sinunod naman nung isa!

Maya maya pa ay sabay sabay na kaming papalabas ng kwarto'ng yon at naglakad papunta sa may Elevator! At doon kami sinalubong nung iba pang mga Moon!

Hindi ko maipaliwanag ang kaba'ng yon na biglang nangibabaw sakin habang naglalakad kasabay ang mga Moon sa isang hallway paglabas ng elevator! Ilang steps lang mula sa elevator ay natanaw ko na ang sign board sa ibabaw ng revolving door!

"OPERATING ROOM"

Napabuntong-hininga pa ako nung buksan nung lalaki ang revolving door at sumiwalat sa paningin ko ang kabuuan ng Operating Room na 'yon!

"Hanggang dito na lang po kayo, Sir.. Lahat po kasi ng nandoon sa loob ay sterile.." paliwanag pa ng isang nurse.

"We understand, Nurse Acee.." sabi pa ni Chairman Moon at hindi naman ako napakali sa pagkakatayo ko! Agad akong lumapit sa isang nurse na nandon!

"N-Nurse Celine.. pwede ba akong pumasok doon sa loob?" wala sa sariling naitanong ko sa babae'ng nurse na yon na malapit sa pinto! Pero sa loob loob ko ay hinihiling ko ri'ng sana pumayag syang makapasok ako sa loob!

"Hindi po pwede, Sir.."

"Bakit?!"

"Sterile po kasi ang area na yon.."

"A-Ano ba kasi yang lintek na sterile na yan!?" inis na tanong ko at naramdaman ko ang isang kamay na humawak sa balikat ko dahilan para lingunin ko yon!

SI MOKZ!

"Hintayin na lang natin sya dito.. Hindi naman nila pababayan doon si Taguro.." natatawa pang sabi ni Mokz at napapahiya'ng napayuko naman ako!

P-Pati sila ay nakiki-Taguro na rin! Amp!

"Sige na.." sabi pa ni Mokz don sa nurse na matapos tumango sa amin ay pumasok na ng tuluyan sa loob! Agad ko namang hinabol sila ng tingin!

Taguro.. hihintayin kita dito..

Hindi ko man lang nasabi sa kanyang mahal na mahal ko sya..

A-Ano ka ba, Deib!? Wala namang mangyayari kay Taguro! Gagamutin lang nila siya!

P-Pero.. H-Hindi ko pa rin maiwasang mag-alala!!

"Hindi ka pwede don sa loob dahil kulang pa ang tulog mo.." bumalik ako sa reyalidad nung biglang magsalita ulit si Mokz sa tabi ko! Gulat akong napatingin sa kanya!

"A-Ano naman po'ng kinalaman non kay M-Maxpein?"

"Mmm.. Baka kasi mahilo ka kapag nakakita ka ng dugo.."

"G-Ganon ba yon?!"

"Mmm.." nakangiting tugon nya at parang hindi naman makapaniwalang tumingin ako sa kanya. Napanguso pa ako habang tumititig sa kanya!

Iniisip ata nitong bading ako e!

"Deib.."

Napalingon ako sa likuran nung may biglang tumawag sakin!

SI MOMMY!

"M-Mom.." salubong ko pa sa kanya. Agad naman syang nagbigay-galang sa mga Moon. Nananatili'ng tahimik sina Maze at More, si Chairman Moon naman ay nakaupo lang sa bench na nandoon habang sina Mokz at Heurt ay nakatayo at nakasilip sa revolving door. **"A-Anong ginawa mo dito, Mom?"**

"Sinusundo ka.."

"Ha!? Bakit?!"

"Tsk.. Hindi ka pa natutulog.. hindi ka pa nagpapahinga.." bakas ang pag-aalala sa tono ng pananalita nya. **"Uuwi na kami ni Dein, sumabay ka na.."**

"P-Pero, Mom.. kapapasok pa lang ni Taguro sa Operating Room.."

"Anak.. Kailangan mo ring magpahinga.."

"Tama ang Mommy mo, hijo.." si Chairman Moon! Napapalunok naman akong tumingin sa kanya! **"Umuwi ka na muna't magpahinga. Kapag nakapagpahinga ka na ay maaari ka ng bumalik agad dito para**

bisitahin si Taguro." nangingiti pang dagdag nya at mas hindi ko naman maintindihan ang mararamdaman ko!

Lahat talaga sila ay nakiki-Taguro na!!!! Andwae!!

"Come on, Deib.. Nag-aalala na rin sayo ang Daddy mo. Wala ka pang pahinga simula kanina.. May sugat ka rin naman anak.."

"P-Pero Mom---"

"Aisshh.. Wag ng matigas ang ulo, huh?? Pwede ka namang bumalik dito pagkagising mo.."

"E-Eh baka kasi---"

"Hindi nila pababayaan si Maxi, okay!?"

"Pero kasi po---"

"Hindi ka pa kumakain, hindi ka pa natutulog.. maski sipilyo---wala! Ano na lang ang sasabihin ni Maxi kapag nakita ka?! Aigooo.."

Oo nga! Oo nga!

P-Pero mas matutuwa sya kung makikita nya'ng nandito ako!

"D-Dalan mo nalang po ako ng gamit ko dito, Mom---"

"Hindi pwede, Deib Lohr!" mataas ang tono'ng sagot nya dahilan para mapanguso ako! **"Uuwi ka ngayon at babalik ka nalang kapag bumalik na ang lakas mo! Kahit bukas na bukas---bumalik ka dito, papayag ako! Sa ngayon, gusto kong umuwi ka.. maligo, kumain at matulog! Malinaw ba!?"**

Hindi na ako nakasagot at nakangusong lumingon na lang sa mga Moon! Nakangiti sakin sina Chairman Moon at Mokz! Si More naman ay parang matatawa sakin! Sila Heurt at Maze naman ay nananatili'ng blangko ang mukha!

"Sige na hijo, patatawagan ka na lang namin bukas ng umaga para makapunta ka agad dito.." sabi pa ni More kaya naman napabuntong-hininga na lang ako.

"P-Pakisabi kay Taguro, babalik ako.. At k-kailangan bukas kapag nakita ko sya.. n-nakangiti na sya.." nakanguso pang sabi ko at natawa naman sila.

"Mmm.. makakarating.."

"W-Wag mo'ng kalimutan.." habilin ko pa!

"Mmm.. Hindi ko kalilimutan.." sabi nya na sumaludo pa!

Ang bigat bigat ng dibdib ko at hindi ko kaya'ng lisanin ang lugar na yon! Pero wala akong choice! Kitang kita ko sa mukha ng Mommy ko'ng

desidido sya sa pagsundo sakin! Kaya naman kahit mabigat sa loob ay sumama na rin ako!

Pagkadating sa kotse ay saka lang kami nagkausap ni Mommy.

"Baby.."

"Yes, Mom?" nakanguso pa ring sagot ko.

"I know na.. nalulungkot ka, dahil hindi mo makakasama ngayon si Maxi.. Alam kong ganon ka rin Dein.." baling pa ni Mommy kay Noona na ikinagulat kong makita'ng salubong ang kilay at magkakrus ang dalawang kamay at bahagyang nakatagilid na animong ayaw humarap kay Mommy! Parang bata'ng nagtatampo! **"Pero.. magulo ang sitwasyong ng pareho'ng pamilya ng mga tao'ng yon na malapit sa inyo.."**

Natigilan ako sa sinabi ni Mommy!

M-May nalaman ba sya?! Imposible!

Wala naman sya don kanina nung nag-usap usap kami!

Umuwi sila kanina at nagpaiwan lang talaga kami ni Noona!

"Sa ngayon ay hayaan na muna natin silang magpapamilya.. okay?? Bukas na bukas ay pwede na kayo'ng bumalik sa kanila.." dagdag pa ni Mommy at saka inistart ang kotse nya at saka kami umalis.

Sa byahe pa lang ay pupungay pungay na ang mga mata ko! Pakiramdam ko kasi ay non lang tumagal ng nakaupo ang katawan ko!

Kaya naman pagkarating sa bahay ay tatlong subo ng pagkain lang ang ginawa ko at saka ako mabilis na naligo! Hindi ko na rin namalayan ang mga damit na isinuot ko at pabagsak kong inihiga sa kama ang katawan ko! Pakiramdam ko ay wala akong maramdamang sakit sa katawan ko at puro pagod lang!

Hindi nag-aksaya ng oras ang katawan ko at ilang minuto lang ay nakatulog na ako..

♥ *K* ♥ *I* ♥ *N* ♥ *A* ♥ *B* ♥ *U* ♥ *K* ♥ *A* ♥ *S* ♥ *A* ♥ *N* ♥

MAXWELL'S POV

Daha dahan kong iminulat ang mga mata ko nung magising ang diwa ko nung may humawak sa kanang braso ko. Nilingon ko ang braso ko at tinignan ko ang ginagawa nya don.

"A-Ahh.. nagising yata kita.." sabi nya pa kaya naman dahan dahan kong naiangat ang paningin ko.

SI KEZIAH.

Hindi ko naman sya sinagot at pinagmasdan ko na lang ang ginagawa nya.

"Kukunin ko lang ang Vital Signs mo, Sir." nakangiting pagdidiin nya pa at muling nilingon ko sya.

"What time is it?"

"It's 8:00 o'clock in the morning.."

"W-What day is it today?"

"Sunday.."

"S-Sunday??" hindi makapaniwalang tanong ko.

"Yes, Sir.. Sunday.."

"O-Okay.."

A-Ang tagal ko namang natulog?

Ayon sa naaalala ko ay Saturday ng madaling-araw kami'ng dinala dito at maaga rin ng Saturday nung makatulog ako.

Ganon kahaba ang tulog ko?!

Napabuntong-hininga na lang ako at bahagya pang napasulyap sa tiyan ko.

Kaya pala ganito ang nararamdaman ko.. Tsk! Nagugutom nako!

"Kumusta ang pakiramdam mo?" tanong nya dahilan para mapansin ko ulit sya.

"Mmm, okay naman.. Yung kapatid mo?"

"She's fine.. Kauuwi nya lang ng bahay, magpapahinga lang and then babalik rin daw dito.. Hahahaha! Hindi ko nga alam kung bakit pa sya balik ng balik dito.." sabi nya pa at hindi ko na sya sinagot. **"Normal naman ang lahat ng Vital Signs mo, may masakit pa ba sayo?"**

"Mmm, yung mga sugat ko.."

"Kaya mo naman ba ang mga sugat mo??" nakangising tanong nya at iniiwas ko naman ang paningin ko. **"Wala yung mga kasama mo, masyado kasi silang marami kaya shifting rin ang pagpunta nila dito hahaha. Si Dein, nasa room ni Randall.."**

Inis naman akong binigyan sya ng tingin.

Hinahanap ko ba si Dein? Stupid..

"May kailangan ka pa ba?" inis na tanong ko at natigilan naman sya.

"H-Ha?"

"Tinatanong ko kung may kailangan ka pa?"

"W-Wala na, bakit?"

"Makakaalis ka na.."

"A-Ang sungit mo naman.."

"Thank you.." sagot ko at iniiwas ko na sa kanya ang paningin ko.

Pagtingin ko sa pinto ay nandon si YAZ at nakatayo.

Ano namang ginagawa ng isa'ng yan dyan? Tsh.

Iniiwas ko rin sa kanya ang paningin ko at tumingin na lang sa kisame.

"N-Naaabala ko yata kayo.." dinig kong sabi pa ni Yaz.

"Ahh, kinuha ko lang ang Vital Signs nya, k-kasama ka ba nya?" si Keziah.

"Mmm.."

"Pasok ka.."

Inis akong nilingon si Keziah at binigyan nya naman ako ng nagtatakang tingin!

"What?!" mataray pang tanong nya!

"S-Sinabi ko bang magpapasok ka sa kwarto ko ng b-basta basta?!" inis na tanong ko sa kanya!

"A-Anong basta basta?! E kasama mo naman daw sya!?"

"K-Kahit pa.." iiling-iling na sagot ko.

H-Hindi ako sanay ng nakikita akong wala pang ligo.. Tsk! Badtrip..

Napabuntong-hininga na lang ako at inis na tumingin sa kung saan!

Naramdaman ko naman agad ang paglapit ni Yaz sa kama ko habang si Keziah ay inaayos ang dextrose ko.

"K-Kumusta ang pakiramdam mo?" si Yaz. Hindi ko sya tinignan.

"O-Okay lang.."

"Yung mga sugat mo?"

"O-Okay lang.."

"Masakit pa ba?"

"Okay lang.."

"N-Nagugutom ka na ba?"

"O-Okay lang.."

"Psh.. Bukod sa okay lang---may masasabi ka pa bang iba?!" sarkastikong tanong nya at napapailing namang nilingon ko sya!

Don ko lang nakita ng malapitan ang mga galos nya sa mukha!

"H-Hindi ko alam na may ka-close ka na pa lang babae ngayon, Doc Maxwell..??" may pagkasarastikong sabat ni Keziah at gulat naman akong nilingon sya.

"Hindi ko rin alam na pwede na palang pakialaman ng mga Doktora ngayon ang personal na usapan ng mga pasyente nya??" biglang sagot ni Yaz!

Nagharap silang dalawa habang nasa magkabilang gilid sila ng kama! Pareho'ng nakapamewang at masama ang tingin sa isa't isa!

"Y-Ya.." suway ko habang nakaturo pa sa kanilang dalawa ang dalawang hintuturo ko!

Pero hindi nila ako pinansin at nanatili'ng ganoon ang postura!

A-Ano bang nangyayari sa kanila?!

"Who are you?!" biglang tanong ni Keziah at sinagot sya ng matalas na tingin ni Yaz!

"Why do you want to know?!"

"How dare you talk to me like that?!"

"Ugh! How dare you---!!"

"E-Enough!" pigil ko sa kanilang dalawa! **"P-Pwede ba!? D-Dito pa kayo sa harap ko nagsisigawan?!"**

"Edi tara! Don tayo sa labas!" sigaw ni Yaz kay Keziah dahilan para pareho kaming gulat na mapatinign sa kanya!

"Y-Yaz.." mahinang usal ko pa!

"Y-You're creepy.." animong nandidiri pang bulong ni Keziah!

"A-Ahh.. K-Keziah.." mahinang tawag ko sa kanya at bakas pa rin ang inis nya nung lingunin ako. **"P-Pagpasensyahan mo na lang sya, k-kapatid sya ng kaibigan ng kapatid ko."**

"W-What?!"

"A-Ate sya ni Zarnaih.."

"Oh really?! No wonder, pareho silang bungangera.."

"E-Excuse me!?" gigil na singit na naman ni Yaz at inawat ko sya ng senyas!

"S-Sige na, Keziah. S-Salamat." sabi ko pa at tumingin naman sya sakin at hinaplos ako sa noo!

"Babalikan kita ulit mamaya, magpagaling ka.." malambing pang sambit ni Keziah at saka binigyan ako ng matamis na ngiti!

What the..??

Hindi sya ganon sakin kaya naman ganon na lang ang gulat ko!

Iiling-iling naman akong pinagmasdan sya hanggang sa makalabas sya ng kwarto ko!

At saka ako napapabuntong-hininga'ng nilingon si Yaz at..

"W-What?!" gulat na tanong ko!

SOBRANG SAMA NG TINGIN NYA!

"Psh!" singhal nya lang kaya naman lalo akong nagtaka!

"B-Bakit ganyan ka makatingin?!" inis na tanong ko na mabilis na inalis ang kumot ko at bahagya'ng naupo! Kinuha ko pa ang bottled mineral water sa side table ko at mabilis na binuksan yon at saka ininom!

"Psh! Susungitan mo lang ako---sa harap pa ng girlfriend mo!!!"

"H-Huuuk!" nasamid ako sa sinabi nya! **"A-Ano?!"** gulat na tanong ko! **"A-Anong girlfriend?!"** inis pang tanong ko at pinandilatan nya naman ako ng mata!

"Bakit?! Hindi ba?! Psh! Magsama kayo!"

~BLOG!~

"A-Aray!" singhal ko pa nung batuhin nya ako ng...

P-Ponkan?

BINATO NYA AKO NG PONKAN!

"A-Ano 'to!" inis na tanong ko pero sinamaan nya lang ako ng tingin at saka tinalikuran! Mabilis akong kumilos at saka hinawakan ang braso nya! **"W-Wait!"**

"What!" singhal nya at agad akong natigilan!

Gulat na gulat akong napatingin sa mukha nya dahil sa sobrang sama ng tingin nya!

Hindi ako nakasagot!

Dahan dahang bumaba ang tingin nya sa kamay kong nakahawak sa braso nya kaya naman dahan dahan kong inalis yon!

"B-Bakit ba ang s-sungit mo?" napapahiya'ng tanong ko!

Tsk! A-Ano ba'ng s-sinasabi ko?!

"E ano ba'ng pakialam mo!?" mataray pang tanong nya kaya naman nanlaki ang mga mata ko!

"P-Pupunta punta ka dito tapos.." binitin ko ang sasabihin at saka iniwas ang paningin ko.

"Wala akong pakialam sayo!"

"A-Ano?!" inis na tanong ko at tinaasan nya lang ako ng kilay! **"Oh e ano pa'ng ginagawa mo dito?!"**

"Palabas na nga ako diba!? Pinigilan mo pa ako!"

"A-Ang sungit mo kasi!"

"Bakit!? Hindi mo ba ako sinungitan sa harap ng girlfriend mo?!"

"S-She's not my girlfriend!" inis na sagot ko at sya naman ang natigilan! **"Tsh! Stupid.."** bulong ko pa!

"A-Ano'ng---ikaw ang stupid!"

"W-What?!"

"Stupid ka!"

"H-Ha! Ya!" inis na sigaw ko!

"Yaz ang pangalan ko at hindi Ya!"

Damn! B-Bakit ba sya ganyan?! Tsk!

"Aalis nako!" sigaw nya pa at mabilis naman akong kumilos para pigilan na naman sya! **"Bibitiwan mo ko o tatadyakan kita?!"**

Mabilis akong napabitiw sa kamay nya!

"Umhp!" amba nya pa sakin ng suntok at mabilis namang napaiwas ako!

"W-Why are you acting like that?!" gulat na tanong ko!

"Nyeh nyeh nyeh nyeh!" sabi nya pa habang nagmemake-face!

"Yaz!" inis na sigaw ko!

"What!"

"N-Neol..." mahinang bulong ko!

Translation: Y-You..

"A-Ano?!" naguguluhang tanong nya pa at napalunok na lang ako sabay buntong-hininga!

Pilit kong pinakalma ang sarili ko!

"Aalis na ako! Okay ka lang diba?!" sarkastiko'ng tanong nya pa!

"W-Wait!" pigil ko na naman sa kanya! **"I-Ikaw??"**

"Anong ako?!"

"I-Ikaw.. k-kumusta ka?"

"Psh! Anong pakialam mo?!"

"I'm asking you in a nice way, okay?!" inis na tanong ko!

"I'm okay! Ano?! Okay na?!" inis ring tanong nya!

Bakit ba napakasungit nya! A-Akala ko ba nandito sya para kumustahin ako tapos.. Tsk tsk! Mga babae talaga..

"Sige na.. Aalis na ako! Baka mamaya pagbalik nung doktora mo e singhalan na naman ako---"

"Dito ka muna.." pakiusap ko at gulat na natigilan sya. Napapailing naman akong naiiwas ang paningin ko sa kanya!

What the heck am I saying?!

"S-Sige pala.. u-umalis ka na lang.." bawi ko pa at tumango naman sya.

"O-Okay.." tipid na sagot nya at saka tumingin sakin at nagtama ang paningin namin!

Mabilis kong iniiwas ulit ang paningin ko!

"S-Sige.." paalam nya pa at saka naglakad papalayo!

Nung tuluyan syang mawala ay saka ko lang tinignan ang pinanggalingan nya at nung makitang wala na talaga sya ay saka ko kinuha ang ponkan na ibinato nya.

Dala nya ba 'to?

Taka akong pinagmasdan yon at saka binalatan.

Napangisi pa ako nung maisip ko at mataray na itsura nya.

Nung mabalatan ko yun ay saka ko hinati sa gitna at kinain ang isa.

"E-Ek.." sabi ko pa nung iluwa ko yon! **"A-Ang asim!"** inis pang sabi ko at saka pabato'ng inilagay yon sa side table!

Inis akong bumuntong-hiniga at dahan dahang bumangon!

Kinuha ko ang nakasabit kong dextrose at saka binuhat yon at naglakad lakad sa kabuuan nung room.

May mga gamit doo'ng nakita ko pero hindi ko ginalaw. Nagtingin tingin ako kung anong mero'ng pwede'ng kainin hanggang sa marating ko ang maliit na ref. Binuksan ko yun at saka ako nagtingin.

"Hyung.."

Gulat akong napalingon sa pinto at saka ako tumayo! Nakataas pa ang isang kamay ko habang hawak ang dextrose!

Agad na lumapit sakin si Maxrill at kinuha yung dextrose!

"Neol mwohaneungoya?!" nakanguso at nagtataka pang tanong nya!

Translation: What are you doing?!

"N-Naghahanap ng pagkain.." nakanguso ri'ng sagot ko.

"A-Aishh.." singhal nya pa at saka nginiwian ako! **"How are you feeling?!"**

"I'm okay.."

"You're just hungry?"

"Ye.."

"Mmm.. Wait here.." sabi nya pa at saka..

MABILIS NA NAGLAKAD HABANG HILA HILA YUNG DEXTROSE KO!

Kaya naman..

"Y-Ya! Ya! Ya!" sigaw ko sa kanya nung mapahabol ako sa kanya!

"Mwol! Mwol! Mwol!" gulat na tanong nya na nakahawak pa sa dibdib nya!

"H-Hinila mo e.." inis na sabi ko pa!

"Oh.. M-Miyane.." ngingisi ngisi pa'ng paumanhin nya!

Isinabit nya ang dextrose at bahagyang itinulak pa ako paupo sa kama.

"Wait for me here, I'll get you a wheel chair---"

"I can walk!"

"Arasseo! But you better not walk!"

"Eh?!"

"Just shut up and listen, Hyung.."

"Ya! You're the one who should listen to me!"

"But you're the one who's injured, you have no choice. Aisshh!" singhal nya pa at saka inambaan rin ako!

Gulat akong sinundan sya ng tingin!

A-Ano ba'ng nangyayari sa mga tao ngayon at nang-aamba?! Tsk! People nowadays are dangerous. Aigoo.

~KNOCK! KNOCK!~

Muli akong napatingin sa pinto nung biglang may kumatok. Agad kong nilingon yon at nagtama ang paningin namin ni Randall! Nakangiti syang pumasok ng nakawheel chair kaya naman tumayo ako at sinalubong sya ng tingin.

"Kumusta?" nakangiting tanong nya.

"I'm good, how are you?"

"Mmm, okay na rin.." nakangiti pa ring sagot nya at saka tumingin sa kabuuan ng room. **"Wala ka yata'ng kasama?"**

"Kalalabas lang ng kapatid ko.."

"Huh? Sino?"

"Si Maxrill.."

"I see.. Yeah, nakauwi na kasi si Lee, Kim, Dein at Deib, kauuwi lang rin nila Yaz at Zarnaih, si Maxrill na lang ang natira dito bukod sayo, sakin at kay Maxpein.."

"Kumusta si Pein?"

"Nagpapahinga pa sya.."

"Saan ang room nya?"

"Wag mo na muna syang puntahan kasi kalalabas nya lang galing O.R. kagabi, under monitoring pa sya at kailangan ng complete bed rest.."

"Is she okay?"

"Of course.."

"I see.." kalmado'ng sagot ko. **"Si Tob??"**

"Mmm, I'm not sure.. Nasa ICU pa sya.."

"What?!"

"Yeah, the only think I know is that.. h-he's not fine.."

"W-Why??"

"Possible sya'ng ma-coma, Major Head Injury ang case nya.."

"D-Damn it.." mahinang bulong ko.

"Yeah, damn those kids.." inis ri'ng tugon nya.

"E a-anong sabi ng parents nya?"

"As expected, galit ang Mommy at grandmother nya, paparating pa lang mamaya ang Lolo at Dad nya, I heard.." kwento nya at napabuntong-hininga naman ako. **"Sana maging okay sya soon.."**

"Sana nga.."

"A-Anyway.. M-May gusto sana akong itanong?" biglang tanong nya. Gulat akong napatingin sa kanya nung biglang mag-iba ang tono ng pananalita nya.

"Go ahead.."

"Are you familiar with Heurt?"

"H-Heurt??"

"Yes, Heurt.."

"M-Mommy ni Maxpein.. yung dumating nung time na nasa gulo tayo? Sya si Heurt---"

"I know.." pigil nya sakin. **"What do you know about her?"**

"H-Ha??"

"How much do you know her?" dagdag tanong nya at nagulat naman lalo ako! Hindi ko inaasahan ang sunod sunod na tanong nya at hindi ko maipaliwanag ang kaba'ng naidudulot sakin ng blangko'ng tingin nya!

"W-Why are you asking?"

"I know everything now.."

"W-What do you know?" takang tanong ko.

"The reason why they want me and Maxpein to break up.."

"W-Why??"

"Tsh.." singhal nya sabay ngisi at tumingin sa malayo! Alam kong asar sya! Tumingin lang ako sa kanya at saka muling tumingin sakin at sa oras na 'to ay masama na ang dating ng tingin nya! **"Wag mo sabihin saking.. hindi mo alam?!"**

"Ang alin ba?!" inis na ring tanong ko at natigilan naman sya! Tinitigan nya ako na parang naguguluhan kaya naman tinignan ko rin sya ng para akong naguguluhan! **"Hindi ko maintindihan ang mga sinasabi mo.."**

inis pa'ng dagdag ko! Napailing naman sya at buntong-hininga! Napayuko pa sya sa tuhod nya at napahilamos sa mukha nya!

"N-Narinig ko sila'ng nag-uusap at may narinig ako'ng h-hindi ko alam kung tama ba'ng marinig ko.." sabi nya habang nakayuko pa rin at nakinig lang ako sa kanya. **"H-Hindi ko maintindihan k-kung nagtatalo ba sila o ano pero.. b-base sa paraan ng pag-uusap nila masasabi ko'ng hindi sila okay---"**

"Sino?!" pigil na tanong ko sa kanya dahil hindi ko sya maintindihan! Umayos sya sa pagkakaupo at animong lito'ng lito nung magtama ang paningin namin!

"S-Sila Mommy.." sabi nya pa at saka muling bumuntong-hininga! **"N-Narinig kong nag-uusap usap ang Mommy mo, Mommy ko at sila Heurt.. nandon rin ang Daddy at mga Lolo mo.."**

"A-Anong narinig mo??"

"P-Pinagtatalunan nila si Maxpein!"

"Oh ano nga?! Pwede ba'ng sabihin mo na lang?!" inis na tanong ko!

"N-Nalaman kong ni-rape ng D-Daddy ko ang Mommy ni Maxpein!"

PAKIRAMDAM KO AY NATIGIL ANG PAGHINGA KO AT NAIPIT YON SA LALAMUNAN KO!

Hindi makapaniwalang napatitig ako sa kanya habang sya naman ay iiling-iling na nakatingin sakin!

"A-Anong sabi mo??" hindi parin makapaniwalang tanong ko at tumango tango sya!

"S-Sinabi nila sakin 'yon d-dahil hindi ko na napigilan ang sarili ko.. gusto kong malaman ang totoo.. Gusto kong malaman ang lahat kung bakit ganon na lang sila kadesidido'ng paghiwalayin kami! Kung bakit hindi kami pwede! Kung bakit ayaw ng Mommy ko kay Pein at ayaw ng Mommy mo sakin! Y-Yon pala ay d-dahil don.." animong nanlulumo'ng kwento nya at pakiramdam ko naman ay nanghina ang mga tuhod ko!

Dahan dahan ako'ng napaupo sa kama!

"Hindi mo alam?" tanong nya dahilan para muling lingunin ko sya at agad akong umiling!

"H-Hindi.." naisagot ko at napabuntong-hininga naman sya! **"A-Ang alam ko.. kaya ayaw ng Mommy ko sayo d-dahil.. n-nagkaron ng relasyon si Heurt at ang Daddy mo pero y-yung ni... Ha! I can't believe**

this.." hindi makapaniwalang bulong ko pa. **"Paulit-ulit kong tinanong noon si Mommy kung bakit ganon na lang sya pagdating sayo.. ayaw nya'ng makipagkaibigan ako sayo---ayaw nya'ng sumama kami ni Pein sayo.. Ikaw rin ang sinisisi nya kung bakit n-napapasali sa gulo noon si Pein pero, ang tanging alam ko ay yon.."**

"Tsh! This is buullshiit!" sigaw nya at inis naman akong napahilamos sa mukha ko!

Pano mo nagawang maglihim ng ganito, Mom?? W-Walang mawawala sayo kung sasabihin mo ang totoo..

Hindi ko maipaliwanag ang mararamdaman ko, ngayon lang ako nakaramdam ng ganitong klase'ng gulat sa buo'ng buhay ko! Naghahalu-halo ang emosyon ko at sa ngayon ay nangingibabaw ang gulat at awa sa loob loob ko.

Awa para kay Pein..

Parang ginawang kumplikado ang buhay nya sa mura nya'ng edad..

"Alam ba ni P-Pein 'to??" maya maya pa ay tanong ko at umiling agad sya.

"Wala syang alam.."

"Ngayon, meron na.."

Parang binambo ang dibdib ko at agad akong napatayo nung marinig ko ang boses ni MAXPEIN!!!

Napatayo rin sa sobrang pagkagulat si Randall at sabay kaming nilingon sya!

Nasa pintuan sya at nakatayo! Bahagyang nakapasok ang katawan nya sa pinto at sa nakatingin sa sahig! Bakas na ang galit sa mukha nya at hindi ko maipaliwanag ang matindi'ng kaba'ng bumalot sa kabuuan ko!

"P-Pein.." sabay pa naming usal ni Randall! Dahan dahan sya'ng nilingon si Randall at napalunok naman ako!

Pumasok sya at nagderederetso sa harap ni Randall. Bahagya pa sya'ng humawak sa parte'ng yon ng sugat nya!

"P-Pein, are you okay?!" nag-aalala'ng tanong k!

Pero tangi'ng kamay lang nya ang sumagot sakin! Iniharap nya sakin ang kana'ng kamay nya na animong sinasabi'ng manahimik ako! Nanatili sya'ng nakatingin kay Randall na kabado'ng nakatingin rin sa kanya!

"Ulitin mo ang sinabi mo.." walang emosyo'ng utos ni Pein kay Randall na natigilan pa at hindi malaman kung paano'ng magpapaliwanag sa kanya!

"P-Pein---"

"Ulitin mo ang sinabi mo!" sigaw nya at don nagsimula'ng mangibabaw ang tensyon sa pagitan naming tatlo!

"N-Noona.." biglang pasok ni Maxrill na may dala'ng wheel chair! Bakas ang gulat sa mukha nya pero ni hindi man lang sya nilingon ni Pein! Sinenyasan ko si Maxrill at mabilis sya'ng lumapit sakin! **"W-What's going on here?"** bulong pa sakin ni Maxrill pero sinenyasan ko sya'ng wag nalang mag-ingay! Sabay kaming tumingin kay Maxpein na galit pa ring nakatingin kay Randall!

"Narinig ko na ang sinabi mo.. ang gusto ko lang ay ulitin mo sa harap ko---at kung pwede ay bilisan mo dahil ayoko sa lahat ay yung naghihintay ako kapag ganitong mainit ang ulo ko.." banta pa ni Pein kay Randall!

Nanatiling nalilito si Randall at hindi makatiningin sa mga mata ni Maxpein! Nakayuko sya habang nagkikiskisan ang mga daliri nya senyales na hindi malaman kung anong gagawin!

"Maxrill.." biglang tawag ni Pein sa kanya habang kay Randall pa rin nakatingin.

"N-Noona.."

"Tawagin mo sila'ng lahat at papuntahin mo dito.."

"E-Eh?"

"Palli!" sigaw ni Pein at natinag naman si Maxrill at dali dali'ng lumabas ng kwarto'ng yon!

Translation: Faster!

"Magsasalita ka ba o hinde?" tanong pa ni Pein kay Randall at iiling-iling namang tumingin ito sa kanya!

"Oo! Tama lahat yong narinig mo!"

"Hindi kita tinatanong kung tama o mali ba yong narinig ko, ang sabi ko---ulitin mo yung sinabe mo!"

"Ni-RAPE ng Daddy ko ang Mommy mo---ano?! Masaya ka na!?" galit na tanong ni Randall kay Pein!

Damn it!

Hindi ko maipaliwanag ang mararamdaman ko! Dali dali kong kinuha ang stand ng dextrose ko at saka ako lumapit sa kanila!

"P-Pein, please calm down.." pakiusap ko sa kanya pero hindi nya ako nilingon!

Sa ganoo'ng sitwasyon kami inabutan nila Mommy! Mabilis silang pumasok at bakas na ang gulat sa mga mukha nia! Sunod sunod sila'ng pumasok at ang pinakahuli ay sina Maxrill at Rhumzell!

Maze, Heurt, More, Chairman Moon, Mokz, Tita Dayzelle, Maxrill at Rhumzell.

"What's going on here?" tanong ni Mommy na sakin nakatingin! Tumingin ako kila Pein dahilan para lingunin nya rin sila! **"M-Maxpein.. what are you doing here?! You're supposed to be having a rest!"** nag-aalalang sabi pa ni Mommy sa kanya at dahan dahan namang tumingin si Maxpein sa kanya!

Isa-isa'ng tinignan ni Maxpein sila Mommy, Heurt at More! Kita'ng kita ko mula sa kalahati'ng dipa'ng layo ko kay Pein ang pangingilid ng mga luha sa mga mata nya!

"Wala akong oras para pakinggan ang mga sentimyento mo, Maze.. Alam ko na ang totoo.." mahinaho'ng sambit ni Maxpein at natigilan si Mommy at napatitig sa kanya! **"A-Anong ginawa ni Tito kay Heurt??"** napapaingit pa'ng tanong ni Pein! Salubong na salubo'ng ang mga kilay nya at kunot na kunot ang noo nya!

Hindi agad nakasagot si Mommy at nagpalitan pa ang tingin nya kila Maxpein at Randall at saka muling natitigila'ng napatingin kay Maxpein!

"M-Maxpein.."

"Malhebwa!" sigaw ni Maxpein sa kanya at biglang nanlumo ang itsura nya!

"S-Sesanghe.." mahinang usal nya pa at napahawak sa noo nya habang ang isang kamay nya ay nakahawak pa sa bewang nya! **"W-Why did you tell her?! This is not the right time to talk about this!"** naninisi ang tono'ng baling ni Mommy kay Randall!

"K-Kami lang ni Maxwell ang nag-uusap.. h-hindi ko alam na nakikinig sya.." napapailing na sagot ni Randall at lalo'ng nanlumo si Mommy at napabuntong-hininga at hindi malaman ang gagawi'ng tumingin kay Tita Dayzelle at Heurt! **"Tell her everything, now! She deserves to know the truth!"** dagdag pa ni Randall!

Tumingin si Maxpein kila Mommy, Heurt at Tita Dayzelle!

"A-Anong relasyon nyo'ng tatlo?" pormal na tanong ni Maxpein at napatakip ng bibig si Mommy sa bibig nya!

"S-Sit down, Maxpein.."

"Answer my question, Maze---"

"I'll tell you everything---just sit down!"

~KLIK!~

~BLAAAG!~

MABILIS NA HINIGIT NI MAXPEIN ANG SWERO NYA AT IBINATO YON KUNG SAAN! BIGLANG HINILA NI MAXPEIN SA KWELYO SI MOMMY AT GALIT NA INILAPIT SA KANYA ANG MUKHA NYA!

"Malhebwa!" galit na galit na sigaw ni Maxpein kay Mommy na naluluha na rin sa harap nya! **"Dangsineun mwoya? Huh!? Neol mwoya!"**

Translation: Tell me!!! What are you? Huh!? What are you!

Patulak na binitiwan ni Maxpein si Mommy at napaalalay naman agad sa kanya si Daddy! Namuo ang malaking tensyon sa pagitan ng lahat!

Isinara ni Mokz ang pinto at saka lumapit kay Daddy at may ibinulong!

"M-Maxpein, let me explain everything.." biglang sambit ni Daddy dahilan para sya ang tignan ni Maxpein.

"Ngayon ka magsasalita kung kelan hindi kita kailangan??" nangingilid ang luhang tanong ni Pein sa kanya at natigilan si Dad!

"P-Pein.." napapahiya'ng sambit pa ni Dad.

"Hindi kita kailangan." mahinang sabi pa ni Pein at saka muling tumingin kay Mommy! **"Bibigyan kita ng limang minuto para ipaliwanag lahat ngayon sa harap ko.."**

"M-Magkakaibigan kaming tatlo!" sigaw agad ni Mommy at nakinig naman si Pein sa kanya! Walang nagbago sa postura at emosyon sa mukha nya! Nanatili ito'ng blangko munit bakas ang galit sa mga mata nito! **"Ako---si Heurt at si Dayzelle! Magkakaibigan kami at lahat kami ay nag-aaral noon sa BIS!"**

"Make it short, Maze.." utos pa ni Pein at napabuntong-hininga naman si Mommy at di malaman ang sasabihin!

"M-Magkakaibigan na kami nila Dayzelle, More at Ramrenz sa BIS nung magtransfer ang Mommy mo, noon pa man ay may gusto na ako kay More at may gusto na rin si Dayzelle kay Ramrenz. Pero nung dumating si Heurt sa BIS ay sya ang nagustohan nilang dalawa. Pero nawala nalang bigla si Heurt sa BIS at huminto sa pag-aaral ng hindi nalalaman ang nararamdaman nung dalawa para sa kanya, matagal syang nawala at maski isang balita ay wala kaming narinig sa kanya. S-Sa tagal ng panahon naming magkakasama ay nahulog narin ang loob

sa akin ng Daddy mo at nagkagustuhan naman ang Tita Dayzelle at Tito Ramrenz mo.. sabay pa naming ipinagbuntis ang pareho'ng panganay namin! Pero ilang taon lang ang nakalipas mula nung makapanganak kami ay muli'ng nagpakita si Heurt samin at doon nagsimula'ng magbago ang pakikitungo sakin ng Daddy mo!" nagsisimula ng umiyak si Mommy. **"H-Hindi lingid sa kaalaman kong lumalabas sila dahil ipinagpapaalam naman nila 'yon sakin.. M-Masyado akong naging abala sa trabaho dahil a-ako ang inaasahan ni Chairman na magiging kanang kamay nya.. Kaya nga ako nagustohan ng Lolo mo para sa Daddy mo ay dahil sa angkin kong talino, d-dahil akoang nakakagawa ng mga bagay na dapat ay ginagawa ng Daddy mo."** nakakaloko'ng ngumiti pa si Mommy kay Pein habang umiiyak at saka nagpahid ng luha. **"H-Hindi ko naman pinansin ang madalas na pagsasama nila d-dahil.. wala na sakin kung ano man yung nararamdaman ni More sa nakaraan nila.. d-dahil ang a-akala ko, hindi sya gusto ng Mommy mo pero.. n-nagkamali pala ako.."** napayuko si Mommy at saka napatakip pa sa bibig nya sandali! **"I-Isang buwang nawala ang Daddy mo at halos mabaliw nako kaiisip non pero d-dahil sa tambak na trabaho ko.. w-wala akong magawa kung hindi ang h-hintayin na lang ang pagbabalik nya.. P-Pero halos gumuho ang mundo ko nung pag-uwi nya.. i-isang buwang buntis ang kasama nya and worst.. sya ang ama!!"**

Hindi ko maintindihan ang mararamdaman ko! Parang maluluha rin ako sa mga naririnig ko!

B-Bakit ngayon ko lang nalalaman ang mga 'to!

Gusto kong magalit kay Daddy pero bakas ang pagsisisi sa mukha nya!

"T-Tulad nga ng sinabi ko ay may gusto rin si Ramrenz kay Heurt.. nung malaman nyang nabuntis ng Daddy mo si Heurt ay hindi nya 'to matanggap at nalaman na lang namin.. ni-rape nya ang Mommy mo.." dagdag ni Mommy at napayuko si Pein! **"H-Hindi idinitalye ng Mommy mo k-kung anong nangyari sa kanila'ng dalawa ni Ramrenz, ang totoo, kay Ramrenz pa muna mismo namin nalaman kung anong ginawa nya sa Mommy mo.. M-Matagal na panaho'ng hindi na naman nagpakita sakin ang Mommy mo munit makalipas ang isang taon ay bumalik sya sakin at dala ka na nya.. i-ipinakiusap nya saking alagaan ka at ituring kang parang tunay kong anak.."** nagsimula'ng humikbi si Mommy sa pag-iyak! **"H-Hindi ko malaman kung a-anong gagawin ko.. g-gusto**

kong magalit pero para kang anghel na ngumingiti sa harap ko! P-Pano ko'ng kamumuhian ang sanggol lang na hawak ko?!"

"Sa dami ng sinabi mo.. wala ni isa sa mga tanong ko ang nasagot.." blangko pa rin ang mukhang tugon ni Pein!

"Pein..." sambit pa ni Mommy.

"Isang bagay lang ang gusto kong malaman.." walang emosyong dagdag ni Pein at sabay sabay kaming napatingin sa kanya! Nagbabadya ng tumulo ang mga luha'ng yon na nakapaligid sa mga mata nya! Dahan dahan nyang itinuro si Randall habang na kay Mommy ang paningin! Napapalunok pa akong napatitig sa kanya! **"Kapatid ko ba 'to??"** malumanay na tanong ni Maxpein at nanlaki ang mga mata ko!

Parang nanikip ang dibdib ko!

I can't believe this is happening..

Nagkatitigan si Pein at Mommy at bakas ang pagkagulat sa mga mata nila! Napatingin ako kay Daddy at nakatingin na rin sya kay Pein!

"Tinatanong kita.." marahang sambit pa ni Pein. **"Kapatid ko ba si Randall!!!"**

"N-No.. O-Of course not.." sabat ni Dad!

Para akong nakahinga ng maluwag!

Nanlulumo'ng napayuko si Pein! At doon nagsimulang tumulo ng sunod sunod ang malalaking patak ng luha sa mga mata nya! Parang bata'ng naitakip nya pa ang dalawang palad sa magkabilang mata nya at saka doon umiyak ng umiyak! Kitang kita ko pa ang pagsinghap nya ng hangin mula sa bibig nya!

"T-Taguro.."

Sabay sabay kaming napalingon sa bumukas na pinto at saka pumasok si Deib! Napatingin si Pein sa kanya na akala mo humihingi ng tulong..

Dahan dahang lumapit si Deib sa kanya at saka niyakap sya..

OceanofPDF.com

CHAPTER 155

MAX'S POV

Hindi ko maipaliwanag ang sakit ng katotohanan.

Hindi ko na maitago ang sakit na nararamdaman ko at kahit 'di ko ugaling ipakita 'to ay nagkusa na. Hindi ko na napigilang mapaluha at ipakita ang *KAHINAAN* ko sa harap nila.

Masiyadong masakit para sakin ang katotohanan. Para ako'ng larua'ng pinagpasapasahan.

"Ssshh.. Tahan na.." dinig na dinig ko ang bulong ni Sensui. Ramdam na ramdam ko rin ang yakap niya munit hindi nito magawang bawasan ang sakit na nararamdaman ko. Gayunpama'y kumakalma ang kalooban ko at nabawasan ang galit na kaninang nangingibabaw sa dibdib ko.

Dahan daha'ng umalis si Sensui mula sa pagkakayakap sakin at hinawakan ang magkabila'ng pisngi ko. Bahagya'ng itiningala niya pa ang mukha ko hanggang sa magtama ang mga paningin namin. Hindi ko pa rin mapigilan ang sarili'ng luha na umagos sa mukha ko.

Kita ko naman ang pang-intindi sa mga mata niya at 'don ko lang naramdama'ng may karamay ako.

Nag-init ang mga mata ko at mabilis na ngilid muli ang mga luha ko at muli'ng umiyak ng umiyak sa harap niya.

"B-Babe.." naluluha ri'ng usal niya pa na muli'ng inakap ako habang hinahaplos pa ang ulo ko.

Pareho kaming wala'ng pakialam sa mga tao'ng nakakakita sa amin.

"I-I'm sorry kung umalis ako, t-tahan na.. nandito na ako.." mahinang dagdag niya pa at naidikit ko naman lalo ang mukha ko sa dibdib niya.

Pakiramdam ko ay siya lang ang tao'ng makakaintindi sa akin sa ngayon.

Ang taong parating nandiyan kapag nasasaktan ang ako dahil sa pamilya ko..

Maya maya pa'y umalis siya sa pagkakayakap sakin at hinawakan ang kamay ko.

"D-Dadalhin ko na po muna si Maxpein sa kwarto niya." paalam ni Sensui sa kanila.

"I t-think that's a g-good idea. She needs more rest." si Mokz, hindi ko siya tiningnan.

Tumango lang si Sensui sa kanila at saka marahang inakay na ako palabas.

Hindi ko na nagawang lingunin pa ang mga tao'ng nandon dahil pakiramdam ko ay wala na akong pakialam.

Ilang segundo lang ay nasa harap na kami ng kwarto ko, dahil katabi lang naman 'to ng kwarto'ng pinanggalingan namin. Kusa siya'ng huminto sa paglalakad kaya naman napahinto rin ako't naiangat ang paningin sa kaniya.

Kitang kita ko ang lungkot sa mga mata ni Deib. Pinagmasdan niya ang kabuuan ng mukha ko at saka malalim na napabuntong-hininga. Hinawakan niya ang magkabilang pisngi ko at saka pinunasan ang mga basang luha doon.

"N-Ngayon ko lang nalaman na.. h-hindi ko rin pala kaya'ng makita'ng umiiyak ka.." mahinang usal niya habang nasa mga kamay niya ang paningin. **"H-Hindi ko alam kung a-anong pwede kong gawin para.. h-huminto 'yung sakit na nararamdaman mo.."** dagdag niya at saka tumingin sa mga mata ko.

Napatungo ko at muli'ng nag-iinit ang mga mata ko at pakiramdam ko ay maluluha na naman ako.

"M-Masiyado ko yatang sinanay ang sarili ko'ng nakikita ang *lakas* mo.. kaya hindi ko kaya'ng makita ang kahinaan mo.." mahina'ng sambit niya pa at saka ako tumingin sa mga mata niya at nagtama ang paningin namin. **"M-May magagawa ba ako para.. mabawasan ang sakit na nararamdaman mo??"** sinsero'ng tanong niya at hindi ko naman malaman ang isasagot ko.

Napailing ako at naibaba ang paningin ko.

Hindi ako sanay sa ganito naming sitwasyon kaya naman hindi ko alam ang mga bagay na dapat kong sabihin.

Pinunasan ko ang sarili kong luha at saka ko hinawakan ang mga kamay niyang nakahawak sa mga pisngi ko.

"H-Hindi ko pa nasasabi 'to at ngayon ko lang h-hihilingin sayo.." mahinang tugon ko at nagliwanag naman ang mukha niya at saka seryoso'ng tumitig sa mga mata ko.

"A-Ano 'yon, Babe??"

"W-Wag kang aalis sa tabi ko.." mahinang sagot ko at bahagya pa'ng nanlaki ang mga mata niya niya napalitan agad ng saya.

Puno ng ngiti ang mukha'ng tumango siya sa akin at saka pumikit at inilapit ang noo niya sa noo ko, kasabay niyon ay napapikit na rin ako.

"Mahal na mahal kita, Taguro.." mahinang sabi niya pa at napangiti naman ako.

"Tss.. walang kinalaman 'yan sa sinabi ko.."

Mabilis siya'ng umalis sa pagkakadikit sa noo ko at salubo'ng ang mga kilay na tumingin sakin!

"A-Anak ng---kahit kailan ay wala kang tama'ng timing!" inis na sigaw niya at napanguso naman ako sa kaniya! **"H-Hindi mo man lang nirespeto ang maganda'ng sandali.. tsk!"**

"Tss.. Napapagod na ako'ng tumayo, papasok na ko---"

"S-Sandali!" mabilis na pigil niya sakin dahilan para taka ako'ng mapatingin sa kaniya.

Nakaharang ang dalawang kamay niya sa pinto'ng 'yon ng kwarto ko.

Taka'ng napatingin naman ako sa pinto'ng 'yon at saka ibinalik sa kaniya ang taka'ng tingin ko.

"A-Ano na naman?" tanong ko.

"O-Okay ka na ba?"

Ano ba'ng sinasabe niya?

Bahagya akong naguluhan sa iniaasta niya.

"A-Ayos naman.." sagot ko na lang.

"I-Ibig kong s-sabihin, w-wala na ba'ng masakit sayo? Y-Yung tahi mo??" nag-aalala'ng tanong niya at mas lalo naman akong nagtaka. Pero sinulyapan ko pa rin ang parte'ng 'yon ng tahi ko at saka muli'ng tumingin sa kaniya.

"Okay na ko.." sagot ko.

"S-Sigurado ka!?"

"Oo nga.."

"W-Wala bang mga bawal sa'yo ngayon??"

"Ano ba'ng nangyayari sayo, Sensui?"

"Tsk! Sagotin mo na lang ako, Taguro!"

"Pero, girlfriend mo na ako.." blangko ang mukha'ng sagot ko.

"T-Tsk! Hindi 'yon! Ibig kong sabihin ay sabihin mo sakin kung may mga bawal ba sa'yo ngayon?!"

"Mmm.. bukod sa sumali sa panibago'ng gulo---wala na.."

"Tch! Sino'ng may sabi sayo'ng hahayaan kita'ng sumali pa ulit sa gulo?!"

"Tss.." singhal ko at ngumiti naman siya.

"Mag-aaral ako ng Martial Arts para sa'yo---"

"Tumabi ka na d'yan.." inis na utos ko na tinabig pa ang kamay niya.

"S-Sandali! Sandali nga!" pigil na naman niya kaya naman lalo akong nagtaka!

"Ano ba kasi'ng ginagawa mo?! Pagod na sabe ako!"

"P-Papasok na tayo.."

"Bilis!"

"T-Teka naman, Babe.." nakanguso'ng aniya pa at saka binitiwan ang pagkakahawak sa pinto. Humawak agad siya sa magkabilang kamay ko at saka pumunta sa likod ko. **"Takpan muna natin 'to.."** sabi niya na itinakip nga ang mga kamay ko sa magkabilang mata ko.

"A-Anong gagawin mo?" tanong ko.

"Tch! Ang tanga mo talaga! Wala pa ba'ng gumawa nito sayo't wala kang kaide-ideya?!"

"Bilisan mo na lang kung ayaw mong masaktan.." inis na singhal ko at naramdaman ko naman ang paghiwalay sakin ng isang kamay niya dahilan para sakupin ng isa pa ang dalawang kamay ko'ng nakatakip rin sa dalawang kamay ko.

Naramdaman ko ang pagbukas ng pinto at maya maya lang ay bahagya'ng itinulak at inalalayan niya na ako papasok.

May naramdaman akong malalamig at malalambot na bagay sa paanan ko.

A-Ano 'to?

Hindi ko mahulaan ang mga 'yon.

Dinig ko rin ang pagsasara niya ng pinto nung tuluyan kaming makapasok.

Hindi ko maipaliwanag kung paano'ng ang emosyonal kong damdamin ay napalitan ng excitement.

A-Ano na naman kayang pinaggagagawa ng bading na 'to?

"Pagbilang ko ng tatlo, aalisin ko ang piring mo.." mahinang bulong niya pa sa banda'ng tenga ko. Ramdam ko ang tuwa't excitement sa tono niya ng pananalita.

Hindi na ako kumibo at pinakiramdaman ko na lang ang susunod pa'ng mangyayari.

"One.. Two.. Three.." mahinang bulong niya pa at saka dahan dahang inalis ang kamay niya'ng nakapatong sa mga kamay ko'ng nakaharang naman sa mga mata ko.

Kusa ko'ng inalis ang mga kamay ko at saka dahan dahang iminulat ang mga mata ko.

Hindi agad ako nakapagsalita.

Ramdam ko pa ang dahan dahang pagdausdos nga mga kamay niya mula sa balikat ko, pababasa braso, hanggang sa marating nito ang bewang ko.

Marahang yumakap si Sensui sa bewang ko mula sa likuran ko.

Lumabo ng bahagya ang paningin ko kaya naman kinusot ko pa 'yon at mas ikinagulat ko ang nakita ko.

NAGKALAT ANG MALILIIT AT MALALAKING LOBO SA KABUUAN NG KWARTO!

"Hindi ko kasi alam kung anong pwede ko'ng gawin para matuwa ang girlfriend ko.." mahina'ng bulong pa ni Sensui habang nakadikit ang pisngi niya sa pisngi ko.

Hindi agad ako nakapagsalita.

Iginala ko pa ang paningin ko sa kabuuan ng kwarto at bawat parte'ng madapuan ng paningin ko ay napapamangha ako.

Malilit na lobo ang nasa sahig na pastel ang mga kulay.

May mga katamtaman ang laki'ng lobo ang nakatali sa kama, sofa, mesa, ref, tv drawer, at kung saan saan pa.

Habang mga pula at malalaki'ng lobo na hugis *PUSO* naman na may tali pa ang nasa kisame.

Hindi lalo ako nakapagsalita.

Parang may bahagya'ng humaplos sa puso ko dahilan para mas mapalunok pa ako.

"Nagustohan mo ba ang simple'ng regalo ko, Taguro?" malambing pang tanong niya at mas napalunok naman ako. **"Kailangan mo'ng magustohan 'yan dahil pinaghirapan ko yan.."**

"Tss.." naisagot ko na lang pero hindi ko mapigilan ang mapangiti sa ginawa niya.

"Hindi mo ba nagustohan?!" gulat na tanong niya na nilingon pa ako dahilan para maramdam ko ang hininga niya sa pisngi ko!

Bahagya pa'ng lumuwag ang pagkakayakap niya at umayos sa pagkakatayo at nakanguso'ng tumingin sakin!

Bagaman hindi ko siya nagawang lingunin ay kita'ng kita ko naman sa gilid ng paningin ko lahat ng cute na reaksyon ng mukha niya.

"Tch! S-Sinabi ko na nga ba e---hindi mo 'to magugustohan dahil hambog ka!" inis pa'ng sigaw niya!

"Tss.. may sinabe ba ko?" nangingiti'ng tanong ko.

"W-Wala! Pero wala ka ring sinabi'ng nagustohan mo!"

"Kelangan mo talaga ako'ng piliti'ng purihin lahat ng mga pagpapacute mo?! Tss.. ang appreciation ay nararamdaman muna sa puso---bago sinasabi sa tao!"

"Andami mo'ng dahilan!"

"Tss.." natawa ako sa reaksyon ng mukha niya.

Parang bata..

Nakanguso talaga siya at hindi na halos magkahiwalay ang salubo'ng niya'ng kilay.

Masama ang tingin sakin na akala mo'ng inagawan ko siya ng lobo.

"Nagustohan ko.." mahinang sagot ko at ramdam kong natigilan siya.

Bahagya'ng nilingon ko siya at ngumiti ako sa harap niya.

Hindi man lang siya nagulat at nakanguso pa rin dahilan para mas mapangiti ako sa kaniya.

"Pero mas gusto kita.." dagdag ko at nanlaki agad ang mga mata niya!

Yan.. Yan ang mga gusto'ng gusto mo.. Tsk tsk.. bading.

"Bwahaha! Sinabi ko na nga ba't kikiligin ka---"

"Wala akong sinabi'ng kinikilig ako.."

"A-Ano?!" inis pa'ng tanong niya na tuluya'ng umalis sa pagkakayakap sakin at pumunta sa harap ko! **"Bakit hindi ka kinikilig! Dapat kiligin ka!"**

"Tss.. Para ka'ng tanga! Gagawa gawa ka ng mga ganito tapos pipilitin mo ko'ng kiligin?! Tuleg ka ba!?"

"Dahil ang normal na tao---kikiligin kapag sinurpresa ng ganito!"

"Pero hindi normal ngayon ang tao'ng kaharap mo---dahil bukod sa may butas ang katawan ko ay kung anu-ano'ng bagay ang nalaman ko!" sagot ko sa kaniya at natigilan siya.

Mabilis na nawala ang salubong niya'ng kilay, nakanguso niya'ng labi at ang nakakuyumos niya'ng kamao.

Napalitan ang lahat ng 'yon ng napapahiya'ng tingin.

"S-Sorry.." mahinang paumanhin niya pa at natawa naman ako sa kaniya.

"Ang seryoso mo.." biro ko pero wala'ng nagbago sa reaksyon ng mukha niya kaya naman ako ang nagulat. Napapalunok na sumeryoso ako ng tingin sa kaniya at napalitan naman ng lungkot ang pagkagulat niya.

"S-Sorry, a-ako yata ang wala sa timing---"

"H-Hindi.." pigil ko agad sa kaniya. **"B-Binibiro lang kita e.."**

"Tch.."

"B-Biro nga lang.."

"W-Wag ka kasi'ng magbibiro ng ganon.."

"S-Sorry.." napapahiya'ng paumanhin ko.

"Bwahahahaha!!"

Abnormal..

Malakas siya'ng tumawa habang nakaturo pa sakin!

Inis akong siniringan siya at mabilis siya'ng lumapit sakin at muli'ng yumakap!

"Kung pwede ko lang bilhin lahat ng mga puso'ng lobo 'don kanina---ginawa ko na! Kaso ay naubos ang stocks nila kaya naman 'yan lang ang mga puso'ng nabili ko. Wag kang mag-alala, Babe! Magpapagawa ako ng pula'ng parachute na korte'ng puso para 'don ka sasakay at ikaw ang lilipad sa ere hahahahaha!"

"Tss.. Talaga?" natatawa'ng tanong ko.

Kahit mukha siyang tanga ay ang cute cute niya..

"Mmm! At kapag nasa ere ka na ay mararamdaman mo ang malakas na hangin, makikita mo ang napakarami'ng puno at matatanaw mo ang napakalawak na dagat." seryoso munit nakangiti'ng dagdag niya at natigilan naman ako. **"Gusto ko'ng gawin lahat ng bagay na makakapagpahinahon sa mabigat na kalooban mo. Gusto ko'ng ipakita sayo ang lahat ng nakakapagpakalma sa galit na meron sa dibdib mo. Gusto ko'ng dalin ka sa lugar kung saan hindi agad mapupuntahan ng iba'ng tao."**

Dahan daha'ng sumeryoso rin ako at deretso'ng napatitig sa kaniya.

"Tch.. a-ang korni ko.." natatawa pa kunwari'ng dagdag niya na iniiwas ang paningin niya sakin at tumalikod.

DEIB'S POV

A-Ano ba ang s-sinasabi ko?

Hindi ko maintindihan ang nararamdaman ko, para ako'ng nahihiya na nalilito!

Wala sa plano ko ang lahat ng nasabi ko kay Taguro at hindi ko alam kung nakuha niya ba ang pinupunto ko.

Sumeryoso siya matapos ko'ng sabihin ang mahaba'ng linya'ng 'yon, pero hindi siya sumagot. Masyado'ng deretso ang tingin niya kaya naman nailang ako at napatalikod.

"S-Sa Pavilion ko binili ang mga 'yan kanina.. Natraffic kasi ako habang nasa daan papunta dito, kaya 'nong mapadaan ako sa Pavilion----"

Kusa ako'ng natigilan sa pagsasalita.

Dahan dahang naibaba ko pa ang paningin ko sa banda'ng bewang ko.

NIYAKAP AKO MULA SA LIKOD NI TAGURO.

"I love you.." mahina'ng sambit niya pa dahilan para mapangiti ako.

Hindi ko agad ipinakita sa kaniya ang mga ngiti ko at ninamnam ko muna ang pagkakayakap niya sakin.

Pigil na pigil ang mga ngiti'ng kung 'san 'san pa ako napalingon!

I love you daw, Deib! Hahahahahahahaha!

Isa'ng malalim na buntong-hininga ang pinakawalan ko at saka ako marahang humarap sa kaniya.

"Ulitin mo nga ang sinabi mo.." nakangiti pa ri'ng utos ko at iniangat niya naman sakin ang paningin niya.

"Tss---"

"Dito ka lang.." pigil ko pa sa kaniya sa akma'ng pagkalas niya mula sa pagkakayakap ko. Binigyan ko siya ng mas matamis pa'ng ngiti at saka tinitigan ang mukha niya't labi. **"Ulitin mo 'yong sinabi mo.."**

"Alin ba?"

"Y-Yung s-sinabi mo.." napapanguso'ng sabi ko pa habang natatawa sa sarili ko.

"Hindi na.."

"Dali na, isa lang.."

"Tss.."

"Nahihiya ka??" natatawa'ng tanong ko.

"Hinde! Tss---hindi na kasi cool kapag inulit ko pa.." natatawa ri'ng sagot niya at saka kusa'ng umalis sa pagkakayakap sakin.

Napapailing munit natatawa pa ring humabol naman ako sa kaniya.

~KLAAAK~

Bumukas ang pinto at sabay kaming napalingon 'don.

Pumasok ang babae'ng nurse at nakangiti agad 'to samin.

"Good morning, Ma'am, Sir.. I'm Nurse Ninay.." nakangiti pa'ng pakilala ng Nurse samin ni Taguro.

"Good morning.." nakangiti ri'ng bati ko dito.

"Good morning, Sir Deib.."

"K-Kilala mo ko??" taka'ng tanong ko.

"Hihihihi.. Y-Yes, Sir.."

"A-Ahh, h-hehehehe.."

"Kapatid po kayo ni Doctora Dein, hindi po ba??"

"Ah, oo.."

"Siya naman po ay kapatid ni Doc Maxwell..??"

"Mmm.."

"Ako rin po ang isa sa mga nag-alaga sa inyo nung kayo ang naconfine dito.."

"Ahh, talaga??" masaya pa'ng tanong ko. **"Salamat! Hehehehe.. dahil sa pag-aalalaga mo---gumaling ako.."**

"Yiiiieeee.. s-salamat po.." animo'ng kinikilig pa'ng sagot nito.

"Mahal na mahal mo siguro ang trabaho mo, ano?" nakangiti pa'ng tanong ko habang pinapanood siya'ng ayusin pa ang mga gamit niya at ang kama ni Taguro.

"Oo naman, Sir! Lalo na kapag tulad niyo ang nakikita ko sa loob ng ospital?? Hihihihihihi---mas lalo ko pa po'ng minamahal! Crush ko kaya kayo! Hihihi!"

Hindi ko na sinagot pa ang nurse at iiling-iling na nilingon ko pa si Taguro. Blangko lang ang mukha niya kaya naman kumalma na ako.

"Ma'am Maxpein, kakabitan ko lang po ulit ang swero niyo.." nakangiti'ng dagdag pa no'ng nurse at taka naman akong napatingin 'ron.

Don ko lang napansi'ng wala siya'ng swero.

"Bakit nawala??" taka'ng tanong ko.

"Inalis niya po.." nakangiting sagot ng nurse sakin dahilan para taka akong lingunin si Taguro.

"Bakit mo inalis?!" baling ko kay Taguro at hindi niya naman ako sinagot.

"May nangyari po yata sa kanilang pamilya---kaninang umaga---"

"Umalis ka sa harap ko.." ramdam ko ang inis sa tonong 'yon ni Taguro.

Gulat na napatingin ang nurse na 'yon kay Taguro at bagaman seryoso ay mararamdaman mo ang galit sa tono nito!

"S-Sorry po, Ma'am pero kailangan ko po kayo'ng kabitan nito---"

"Ayoko!" sigaw ni Taguro dahilan para bahagya'ng mapaatras ang nurse!

"T-Taguro.." bigla'ng lapit ko sa kaniya. **"A-Ano ka ba? Wag mo siya'ng sigawan.."** mahina'ng utos ko pa pero nanatili sa nurse na 'yon ang paningin niya.

"Umalis ka dito.." utos pa ni Taguro.

"Pero, Ma'am kailangan ko po'ng ikabit 'to---"

"Kasama naman sa mga batas niyo na pwede'ng tumanggi ang pasyente, hindi ba?"

"O-Opo.."

"Kung ganon---umalis ka sa harapan ko.."

"M-Ma'am.. A-Ano po'ng gagawin ko dito?"

"Itarak mo sa sarili mo---"

"Taguro.." mariing pigil ko sa kaniya at galit siya'ng iniiwas ang paningin niya sakin. Agad naman ako'ng bumaling sa nurse na 'yon. **"S-Sige na nurse, i-iwan mo muna kami.."** mahinang utos ko sa kaniya at tumango naman siya sakin. Nung tuluyan 'tong makalabas ay saka ako muli'ng bumaling kay Taguro. **"A-Ano ba'ng nangyari bigla sa'yo? Kailangan mo 'yon.."**

"Ayoko non, nabubwisit ako don.." salubong ang mga kilay pa'ng dagdag niya.

"P-Pero Taguro, pa'no ka gagaling niyan? Ang tigas ng ulo mo---"

"Tss! Yun lang naman ang tinanggihan ko.."

"Kung ano pa 'yong kailangan mo?" seryoso'ng tanong ko at lalo'ng nagsalubong ang kilay niya at iniiwas ang paningin sa'kin.

"Kay Maxwell na lang ako magpapakabit---"

"Hindi pa siya okay.."

"Tss, nagawa niya na ngang makipagtsismisan kay Randall kanina e! Edi kay Randall na lang.."

"Sa mga nurse na lang dito!" agad na sigaw ko at tinignan niya naman ako ng masama!

"Alen?! 'Yong babae na namang 'yon kanina?! Tss.. mahilig ka ba talaga sa bansot, ha?!"

"A-Ano?!" taka'ng tanong ko pero iniiwas niya lang ang tingin niya at salubong na salubo'ng pa rin ang kilay niya!

A-Ano ba'ng nangyayari dito---bigla'ng nagsusungit?!

Hindi ko maintindihan dahil hindi ko pa naman siya nakita'ng ganito kasungit.

Nasanay ako'ng hambog siya! Pero hindi masungit----Aha!

Hindi kaya..

Pumunta ako sa harap niya at agad na sinugod ang paningin niya.

Salubo'ng parin ang mga kilay niya no'ng lingunin ako.

"Nagseselos ka??" nakangisi'ng tanong ko at mabilis niya'ng iniiwas ang paningin niya! **"Nagseselos ka! Hahaha---"**

"Hinde!"

"Yung totoo?? Okay lang naman sakin e.." mapanukso'ng tugon ko pa at mas sumalubong pa ang kilay niya! **"Hahahaha! Nagseselos si Taguro!"**

"Manahimik ka na.." bigla'ng seryoso at maangas pa'ng tanong niya!

"Aminin mo muna'ng nagseselos ka.." nakangisi'ng utos ko.

"Tss.. Assuming ka talaga---"

"Dahil nagseselos ka, hahahaaha!"

"Manahimik ka na.."

"Nagseselos ka nga?"

"Tss---wala nama'ng nakakaselos 'don ah! Anong nakakaselos 'don!?" galit pa'ng tanong niya!

"Edi sige---tatawagin ko siya para sweruhan ka ngayon?!"

"Si Maxwell na lang!"

"Edi nagseselos ka nga?!"

"Tss---sige tawagin mo na!"

"Talaga?!"

"Oo---tapos 'wag ka ng bumalik.."

"Tch! Nagseselos ang *'girlfriend'* ko.. hahaaha----"

~KLAK!~

Sabay kami'ng napalingon sa pinto nong biglang bumukas 'yon.

SI RANDALL!

Nagtama ang paningin namin at gulat siya'ng inilibot ang paningin niya sa kabuuan ng kwarto!

"Eto na naman si *wrong timing*." inis pang bulong ko.

"A-Ano 'to?" gulat na tanong pa ni Randall at inis naman ako'ng iniiwas ang paningin ko!

Sweetness ang tawag d'yan, bugok!

"Maxpein---" si Maze! Gulat ako'ng napatingin sa kaniya munit mas gulat siya'ng makita ang mga lobo! **"I-Ige mwoya?!"** gulat pa'ng usal niya!

Translation: Ano 'to?!

Napapahiya'ng napatingin na lang ako kay Maze munit na kay Taguro na ang paningin niya!

"Mga puso ni Sensui 'yan.. Tss.." mahina'ng sagot ni Taguro sa kaniya at agad naman ako'ng nilingon ni Maze na may nagtataka'ng tingin!

L-Loko talaga 'to.. Tsk!

Napapahiya'ng napatungo na lang ako at nagtuloy naman sina Randall at Maze sa pagpasok.

"Ayaw mo daw magpakabit ng swero?" tanong pa ni Randall at agad ko nama'ng naiangat ang paningin ko sa kaniya. Hindi siya sinagot ni Taguro. **"Kailangan mo 'yon, Pein.."** dagdag pa niya.

"Maxpein, kailangan mo ang swero'ng 'yon.." sabat rin ni Maze pero iniiwas lang ni Taguro ang paningin niya.

"Ako ang magkakabit sa'yo kung gusto mo.." prisinta ni Randall at sabay kami'ng nilingon siya ni Randall!

Kasunod niyon ay pumasok si Maxrill na may bitbit na tray!

"E-Eh??" gulat na reaksyon ni Maxrill sa mga lobo ko!

Nakanguso pa si Maxrill habang salubo'ng ang kilay nong lingunin si Taguro!

"S-Saengil Chukkahe.." para'ng bata pa'ng dagdag ni Maxrill.

Translation: Happy Birthday..

"Tss.."

"Hahahaha! You're cheesy!" pang-aasar pa sakin ni Maxrill at nginiwian ko lang siya!

"Match kayo niyan.." nakangiti'ng sagot ni Taguro kay Maxrill at inis naman ako'ng nilingon siya!

"A-Ano'ng match?!" inis pa'ng tanong ko kay Taguro!

"Pareho kayo'ng isip-bata e.. hehehe.." sagot ni Taguro.

"Pein, susweruhan na kita." sabat ni Randall.

"Ayoko." sagot ni Taguro!

"Pein---"

"Maliligo muna ako.." pigil agad ni Taguro sa kaniya.

"Hindi ka pa pwede'ng maligo.." si Maze.

"Edi sipilyo na lang." pamimilit ni Taguro na mabilis ri'ng naglakad papalapit sa C.R. niya.

"Sasamahan na kita---"

"Siraulo ka ba?!" inis na pigil ko kay Randall at gulat naman siya'ng napatingin sakin! Nginiwian ko lang siya at saka ako sumunod kay Taguro!

"Ano'ng ginagawa mo dito?" taka'ng tanong pa sakin ni Taguro.

"S-Sasamahan kita'ng magtooth---"

"Kaya ko'ng mag-isa.."

"O-oo nga, sasamahan lang naman kita. Hindi naman kailanga'ng kaya mo o hindi---basta sasamahan kita.."

"Tss.."

"Tch!"

"Watch your steps, Maxpein." dinig nami'ng sabi pa ni Maze pero hindi siya pinansin ni Taguro.

Pinanood ko si Taguro'ng magsipilyo.

Nakangiti ako'ng pinanood siya bawat stroke na gawin niya.

Nakangiti.

Nakanganga.

Nakadila.

Ultimo'ng tikom na bibig niya ay sinisipilyo niya.

Sinisipilyo ba ang labi?!

Taka pa ako'ng napatingin sa kaniya dahil hindi ko naman sinisipilyo ang labi ko.

Abnormal nga pala siya..

Ultimo'ng pagtiktik niya sa toothbrush niya ay tinignan ko.

"Oh.." abot ko sa puti'ng towel na kinuha ko.

Agad naman siya'ng napatingin sa towel na iniaabot ko at saka napapabuntong-hininga'ng kinuha 'yon at pinunasan ang bibiga niya.

Lumabas siya mula sa C.R. at sumunod naman ako sa kaniya.

"Hindi mo man lang sinabi'ng hindi ka pa pala nagsisipilyo kanina! Hahalikan pa naman sana kita!" ungot ko pa at inis naman siya'ng nilingon ako!

"A-Ahh, hahahahaha! B-Biro lang.." palusot ko.

"Tss! Ano ba'ng ginagawa nito'ng maingay na 'to dito?!" inis na tanong ni Taguro kay Randall habang nakaturo sakin!

"A-Anak ng.." bulong ko pa pero palihim na lang ako'ng tinawanan ni Randall!

Bwisit ka! Matapos mo'ng kiligin sa mga lobo ko, tsk!

"Swesweruhan na kita.." sabi pa ni Randall at naupo naman si Taguro sa kama niya. Agad na itinulak ni Maxrill ang wheelchair na siya'ng kinauupuan ni Randall, papalapit sa kama ni Taguro.

Hinila pa ni Randall ang de-gulong na table na nasa tabi rin ng table ni Taguro at doon niya ipinato'ng ang kaliwa'ng kamay nito.

"Bakit kasi kailanga'ng alisin pa e.." bulong ko pa.

"Bakit ba kelangan pa nito? Abala lang 'to sa katawan ko." singhal ni Taguro habang isinasaayos ni Randall ang mga bagay na gagamitin niya.

"May mga gamot ka kasi'ng dito padadaanin kaya kailangan mo 'to."

"Tss.."

"Akina ang kamay mo.."

Lumapit ako sa kama ni Taguro at sinilip ko ang ginagawa'ng 'yon ni Randall!

Hinawakan niya ang kamay ni Taguro kaya naman mas inilapit ko doon ang mukha ko!

Munit pareho sila'ng nilingon ako kaya naman nagpalipat-lipat rin ang tingin ko sa kanila'ng dalawa!

"B-Bakit?" tanong ko.

"Umalis ka d'yan." utos ni Randall!

"B-Bakit ako aalis!? E gusto ko'ng makita!"

"Nahaharangan mo 'yong liwanag.." sabi pa ni Randall at napalingon naman ako sa likuran ko, nandoon nga ang bintana sa side na nahaharangan ko! Kaya naman umayos ako sa pagkakatayo ko at bahagya'ng pumunta sa side ni Taguro.

Isinenyas pa ni Randall kay Taguro na mag-close-open ng kamao na agad namang ginawa nito.

Maya maya pa..

"Hinga ka ng malalim.." sabi pa ni Randall habang naka-amba na ang tusok ng karayom. Pero hindi inalis ni Taguro ang paningin niya doon kaya naman taka'ng tinignan siya muli ni Randall. **"W-Wag mo na lang tignan.."**

"Bakit ba marunong ka pa saken?" nakanguso'ng tanong ni Taguro kay Randall at natawa naman si Randall!

"Bilis na kasi!" inis na sabat ko at nginusuan lang ako ni Randall na animo'ng nagpipigil pa ng ngtii!

Mabilis niya'ng itinusok ang karayom at ni wala man lang nagbago sa reaksyon ni Taguro!

Grabe, tsk tsk tsk.

"Makakaalis na kayo."

Gulat kami'ng nagsipaglingunan kay Taguro nung bigla niya'ng sabihin 'yon!

Nakatingin siya kila Randall, Maxrill at Maze!

Gulat namang nakatingin pa rin ang mga 'to sa kaniya.

"Magpapahinga ako." dagdag pa ni Taguro.

"Y-Yeah, of course.." parang napapahiya pa'ng sagot ni Maze at saka tumingin SAKIN! Bahagya pa ako'ng napagalaw sa biglaang pagtingin sakin ni Maze na 'yon!

"Dito lang siya.." sagot ni Taguro na animo'ng nabasa ang tingin na 'yon ni Maze!

Dahan dahan ako'ng napatingin kay Taguro pero na kay Maze ang paningin niya!

Parang napapahiya'ng napatingin naman ako kay Maze pero agad niya'ng iniiwas ang paningin niya at sabay sabay sila'ng lumabas ng kwarto'ng 'yon. Muli pa akong tinignan ni Maze bago niya tuluya'ng isara ang pinto ng kwarto'ng 'yon ni Taguro.

Para ako'ng nakahinga ng maluwag.

Agad ko namang nilingon si Taguro na tinitignan ang swero'ng ikinabit na 'yon ni Randall.

"H-Hindi ba't masakit 'yan? Bakit parang wala lang sayo?" tanong ko pa habang papalapit sa kaniya.

"Tss.. saksak nga---kinaya ko e, eto pa kaya?" malumanay na sagot niya pero *MAYABANG* ang dating sakin!

"Hambog ka talaga!"

"Kasi, kung iisipin mo'ng masakit---masasaktan ka talaga." dagdag niya pa at tuluyan naman ako'ng lumapit sa kaniya at naupo sa tabi niya.

Maayos ang pagkakaupo niya sa kama habang ako'y parang nakasandal lang.

Tinignan ko pa ang kabuuan ng mukha niya habang nakatingin pa rin siya sa swero niya.

"N-Nasasaktan ka pa ba??" seryoso'ng tanong ko at iniangat niya agad ang paningin niya sakin. Muli'ng nagtama ang paningin namin at ayon na naman ang malulungkot niya'ng mga mata. **"A-Alam ko'ng hindi**

madaling sagotin ang tanong ko pero.. gusto kong marinig.. N-Nasasaktan ka pa ba?"

"May magagawa ka ba kung sasagotin kita?"

Napailing ako sa tanong niya'ng 'yon at saka ako napayuko. May parte sa katawan ko ang bahagya'ng kumirot.

"Pakiramdam ko ay.. n-niloko ako ng buo'ng mundo." dagdag niya at muli'ng napatingin ako sa kaniya. **"Hindi ko maintindihan kung bakit kelangan pa nila'ng itago ang katotohanan kung pwede'ng sabihin nalang.. Tss.."** kunwari'ng natatawa pa'ng singhal niya. **"Kung naging mahirap para sa kanila'ng itago 'yong katotohanan---mas mahirap para sakin ang tumira sa loob ng mga paglilihim nila.."** bahagya pa siya'ng ngumiti sa kawalan at nakinig naman ako sa kaniya. **"H-Hindi kasi ganito 'yung.. inaasahan ko'ng mangyayari sa'kin sa ganito'ng edad ko.."** bahagya'ng umiling pa siya. **"Hindi 'to parte ng mga bagay na inaasahan ko'ng mangyayari sakin.."**

"H-Hindi ko rin akalai'ng posible pa lang pagdaanan ang mga ganiya'ng klase ng problema.." sagot ko.

"Habang 'yung iba'ng kaedad ko ay abala sa pag-aaral, abala naman ako sa kaiisip kung bakit?? Bakit ako iniwan ng Nanay ko?"

"T-Taguro.."

"Ngayo'ng may nalaman ako, marami pa ring tanong sa isip ko ang hindi nasasagot. Hindi ko pa rin maintindihan. At hindi ko alam kung masasagot pa ba ang mga tanong ko at maiintindihan ko pa ba ang mga pinagdaanan ko. Tss."

"K-Kausapin mo sila kapag o-okay ka na.."

"Bahala na.. Hindi ko kasi alam kung.. meron ako'ng kakayahang intindihin pa sila.."

"M-Magulang mo pa rin sila.." sagot ko at nangiti naman agad siya habang nasa kawalan pa rin ang tingin. Sarkastiko ang dating ng ngiti niya'ng 'yon.

"Yon na nga ang mas masakit e.. kung sino pa 'yong magulang mo, sila pa 'yong iniliim sa'yo ang mga bagay na dapat alam mo.." bigla'ng lungkot na sagot niya at napabuntong-hininga naman ako. **"Pero wala na akong magagawa.. nangyari na e. Ang mahalaga, hindi ako lumaking barumbado.."**

"Bwa---bwahahahhaha!!!" malakas na tawa ko at salubong ang mga kilay niya'ng nilingon ako! **"Hindi ka pa barumbado nong lagay na**

'yon?! Hahahahahaha! E halos hindi na kita makilala nong gabi'ng 'yon! Humahanga ako sa mga ginagawa mo pero.. m-may parte pa rin sakin ang nagugulat sa'yo. P-Pano ka natuto ng mga gano'ng pinaggagagawa mo??"

"Kay Mokz.."

"K-Kay Mokz?!"

"Mmm, magaling sa martial arts si Mokz, tinuruan niya kami'ng pareho ni Maxwell.."

"E-Eh si Yaz??"

"Si Yaz?? Mmm, ang totoo, hindi ko rin inaasaha'ng ganon ang isa'ng yon. Tss, bukod sa fencing ang favorite hobby niya, wala na ako'ng ibang alam sa kaniya."

"T-Talaga??"

"Mmm.."

"Wooow.."

"Tss.."

"N-Nakakabilib lang."

"Nagugutom na ko.."

"G-Gutom ka na?!" gulat na tanong ko.

"Mmm, hindi pa ako kumakain e."

"A-Ano'ng gusto mo'ng kainin??"

"Marami.."

"Bibili ako---"

"Hindi na.. sabay tayo'ng kumain sa baba.."

"H-Hindi ka pa pwede'ng bumaba."

"Sino namang may sabi n'yan?"

"Ako."

"Kalokohan 'yan. Tara.." yaya niya pa na tumayo at humawak sa stand ng dextrose niya. **"May Canteen naman siguro dito??"**

"M-Meron.."

"Tara, libre mo ko.."

"Syempre naman.. gusto na nga kita'ng ilibre buo'ng buhay ko e."

Hindi na niya ako sinagot at nagderetso na siya papalabas!

"H-Hintayin mo ko!" habol ko sa kaniya nong bigla siya'ng nagderetso palabas! **"Ang sweet sweet mo talaga.."** inis pa'ng singhal ko sa kaniya nong pareho na kaming nasa labas.

Isinara ko ang pinto ng kwarto niya at pagharap ko sa hallway ay may tinatanaw siya kaya tinanaw ko rin 'yon.

"Si Michiko ba 'yon?" seryoso'ng tanong niya pa at napatingin naman ako lalo sa gawi'ng 'yon na tinitignan niya. **"Si Michiko nga.. anong gagawin niya 'don?"**

Gulat akong napatingin sa likuran ni Michiko at papunta siya sa..

ICU---kay Tob!

Hindi ko alam kung bakit bigla ako'ng kinabahan!

Hindi pa alam ni Taguro ang nangyari kay Tob! Tsk!

"Tara, sundan natin---"

"T-Taguro.." pigil ko sa kaniya at nilingon niya naman ako. **"N-Nagugutom ka na, 'di ba?"**

"Pero gusto ko'ng alamin muna kung anong gagawin ni Michiko 'don.."

"K-Kumain ka na lang muna, a-ako na lang ang susunod sa kaniya---"

"Bakit?" seryoso'ng tanong niya na animo'ng naghihinala na.

"B-Baka kasi gutom ka na e---"

"Hindi. Nawala ang gutom ko---"

"Taguro.."

"Ano'ng meron 'don?"

"T-Taguro---"

"Nasan si Tob?" deretso'ng tanong niya at mas kinabahan naman ako!

A-Anong sasabihin ko?? Tsk! B-Baka lalo lang siya'ng mag-alala kapag nalaman niya ang nangyari kay Tob! N-Nandon ang family ni Tob at p-panigurado'ng m-magagalit sila kapag nakita nila si Taguro..

Hindi na niya ako hinayaa'ng makasagot pa at mabilis na siya'ng naglakad pasunod kay Michiko!

"T-Taguro!" habol ko pa sa kaniya pero hindi na niya ako pinansin pa at nagderetso na lang sa paglalakad!

Agad akong nagmadali pasabay sa kaniya sa paglalakad!

Bakas na sa mukha ni Taguro ang pag-aalala!

"T-Tagur---"

"Nasan si Tob!?" inis na tanong niya habang nakatingin sakin at mabilis na naglalakad!

"N-Nasa ICU siya---"

"Ano?!" gulat na tanong niya na napahinto pa! Napayuko ako at hindi makatingin sa mga mata niya!

"M-Major Head Injury ang tinamo niya---Taguro, n-nandon ang parents at grandparents ni Tob, h-hindi makabubuti sayo'ng pumunta ngayon 'don---"

"Bakit?!"

"D-Dahil.. *ikaw* ang sinisisi nila sa nangyari---"

"Bakit ako!?"

"H-Hindi ko alam.."

"Kelangan ko siyang makita.." mabilis na sabi niya pa at saka muli'ng nagtuloy sa paglalakad! Mabilis naman ako'ng sumunod sa kaniya!

"T-Taguro---saka na muna, kapag okay na si Tob.."

"Papatayin ako ng kunsensya ko, Sensui! Kelangan ko siyang makita!"

"P-Pero.."

Tuluyan naming narating ang ICU!

Ang dulo ng hallway na 'yon ay ang mismo'ng area ng ICU. May glass sliding door doon na kapag pinasok mo ay mararating mo ang labas ng ICU room. Kinakailangan mo'ng magsuot ng gown at kung anu-ano pa bago mo mapasok ang kwarto ni Tob.

"T-Taguro.." pigil ko pa'ng muli sa kaniya. Deretso siya'ng nakatingin sa pinto ng kwarto'ng 'yon na may nakalagay na *ICU*. **"B-Balikan na lang natin siya k-kapag okay ka na.."**

"Si Tob ang importante ngayon.."

"H-Hindi naman nila siya pababayaan---"

"Pero pinabayaan ko na siya 'don!"

Gulat akong napatingin sa kaniya!

"K-Kung hindi dahil sakin hindi sana siya nagkakaganyan ngayon!" dagdag pa ni Taguro at mas natigilan ako! **"Kaya kung galit sakin ang pamilya niya ay ayos lang dahil karapat-dapat na mangyari sakin 'yon---"**

"H-Hindi mo kasalanan kung anong nanyari!"

"Pero ako pa rin ang dahilan kung bakit 'yon nangyari.."

Napailing ako at napahilamos sa mukha ko!

Bakas sa mukha niya'ng desidido siya'ng harapin ang pamilya ni Tob at kinakabahan naman ako!

Masiyado'ng istrikto ang parents at grandparents ni Tob! Kahit ako ay hindi sila ka-close!

"Alin sa mga 'yan ang isusuot ko?" tanong pa ni Taguro habang nakatingin sa mga gown na nasa loob.

"G-Gown at cap.."

"Tara.."

Mabilis kami'ng nagsuot ng gown at net at saka pinindot ang buzzer na nasa labas ng ICU.

Mabilis rin 'tong bumukas at agad na bumungad samin ang Daddy ni Tob.

Agad na nagsalubong ang mga kilay nito.

"A-Ahh, Tito---"

"I'm Maxpein del Valle.."

Kita'ng kita ko ang mabilis na pagkunot ng noo ni Tito nung magpakilala si Taguro sa kaniya! Binuksan niya ng malaki ang pagkakasiwang ng pinto at deretso'ng tumingin pa kay Taguro!

Nakayuko si Taguro munit dahan dahang iniangat ang paningin kay Tito dahilan para magtama ang paningin nila!

"I'm here to visit my friend.." dagdag pa ni Taguro at napailing naman agad si Tito! Bakas sa mukha niya ang galit pero hindi ko maintindihan kung bakit hindi siya nagsasalita!

Kanina'ng umaga, bago ko ayusin ang kwarto ni Taguro ay dumaan ako dito!

Nong makausap ko sila ay galit na galit sila'ng lahat at si Taguro ang sinisisi nila!

"Your grandfather visited me a while ago." sagot ni Tito at gulat akong napatingin sa kaniya! Nakataingin lang sila ni Taguro sa isa't-isa! **"He explained everything to me, but still.. I can't say that I'm no longer angry pero, hangga't nakikita ko'ng ganiyan ang sitwasyon ng anak ko ay hindi ako matatahimik.."**

"Naiintindihan ko ho.."

"Tumuloy na kayo.." sabi pa ni Tito at saka mabilis na binuksan ang pinto at pinatuloy kami.

Agad namang bumungad samin si Michiko at Tob.

Umiiyak si Michiko sa tabi ni Tob.

Sila Michiko at Tito lang ang tangi'ng nandoon bukod sa dalawa'ng nurse na naka-standby sa kwarto'ng 'yon ni Tob.

"M-Max.." gulat pang usal ni Michiko at agad naman siya'ng nilingon ni Taguro. **"A-Ano'ng nangyari??"** umiiyak pa'ng tanong niya pero tinignan lang siya ni Taguro!

Kita'ng kita ko kung paano'ng nangilid ang mga luha sa mga mata ni Taguro habang ramdam ko rin ang galit niya! Napayuko siya nanginginig ang kamay na napapunas siya sa mga mata!

"K-Kumusta ang lagay niya?" mahina'ng tanong ni Taguro at agad naman ako'ng napalingon sa kaniya.

"H-Hindi pa rin siya gumising.." sagot ko.

"I-Ilang araw na?"

"D-Dalawa.." sagot ko at hindi na siya nagsalita.

Dahan dahan siya'ng lumapit kay Tob pinagmasdan ang kabuuan ni Tob.

Napahawak siya sa kamay ni Tob at saka niya nilingon ang makina na 'yon na nagpapump sa tabi ni Tob.

"K-Kailangan mo ng magising d'yan Tob.." mahinang usal ni Taguro at bakas sa mukha niya ang pagpipigil ng luha. **"G-Gusto kong magsorry sa harap mo.. S-Sorry kasi, sarili ko lang ang iniisip ko.."**

"T-Taguro.." lumapit ako sa kaniya at bahagya'ng inialalay pa ang kamay ko sa likuran niya.

"H-Hindi ko inaasahang aabot sa ganito.. S-Sorry.." dagdag pa ni Taguro at saka tuluya'ng lumuha. Mabilis naman ako'ng umalalay sa kaniya.

Hindi ko maintindihan ang nararamdaman ko.

Alam ko'ng kahit ganon ang sinabi ni Tito ay si Taguro pa rin ang sinisisi ng mga ito.

Nakakalungkot isipi'ng bukod sa sarili niya'ng problema ay may kakaharapin pa siya'ng galit mula sa iba..

Hindi kami nagtagal sa kwarto'ng 'yon ni Tob. Dalawa'ng tao lang ang maari'ng magstay sa loob non ayon sa mga nurse kaya naman umalis kami'ng agad ni Taguro.

Hindi na siya umiiyak pero bakas pa rin ang lungkot sa mukha niya.

Naglalakad kami pabalik ng kwarto ng biglang..

"M-Maxpein.."

SI MALLYU!

Mabilis ako'ng humawak sa kamay ni Taguro at bahagya'ng nagpaumuna pa sa kanya para kung sakali'ng may gawin si Mallyu ay masusugod ko siya!

Kahit naka-wheelchair siya ay panigurado'ng may kalokohan pa ri'ng magagawa 'to!

Pero 'don ko lang napansin ang kabuuan niya!

Pareho'ng sementado ang dalawang kamay at braso ni Mallyu!

Puro galos at sugat ang mukha niya at ultimo'ng ulo niya ay may benda! Gayon rin ang dalawang paa niya!

P-Pano 'yan nakarating dito?!

Taka ako'ng pinagmasdan siya!

Nakawheelchair si Mallyu at talaga'ng sementado ang pareho'ng galamay niya!

Kahit pa de-remote ang wheelchair niya ay 'di siya makakarating dito mag-isa!

Mabilis kong iginala ang paningin ko at...

SI YAGO!

Nakasaklay 'to habang nakasandal sa harap ng elevator na siya'ng kasalungat ng kinatatayuan ko kaya naman hindi ko agad napansin!

"A-Ano'ng kailangan niyo?!" bigla'ng tanong ko! Nakatingin si Mallyu kay Taguro habang nasa akin naman ang paningin ni Yago.

"G-Gusto ko'ng humingi ng tawad sa mga nagawa ko at ng mga bata ko, Maxpein---"

"Umalis ka sa harap ko.."

Gulat ako'ng nilingon si Taguro sa pambabara niya'ng 'yon kay Mallyu!

Bakas ang galit sa mga mata ni Taguro habang deretso'ng nakatingin kay Mallyu!

"Bibigyan kita ng lima'ng segundo para mawala sa paningin ko, Mallyu.." dagdag ni Taguro na nakadagdag kaba sa itsura ni Mallyu!

"P-Pero Maxpein, g-gusto ko talaga'ng humingi ng tawad---"

"Alam mo ba kung ano'ng meron 'don?" tanong ni Taguro habang nakaturo sa pinanggalingan namin! Nilingon 'to ni Mallyu at kasunod non ay ang hirap na paglapit ni Yago na siya'ng tinignan rin ang itinuro'ng 'yon ni Taguro.

"ICU 'yon.." sabat ni Yago at sa kaniya naman napunta ang masama'ng tingin ni Taguro! **"M-Maxpein.."**

"Nandon lang naman ngayon 'yong tao'ng pinalo niyo sa ulo.." sagot ni Taguro at sabay na natigilan 'yong dalawa! **"Nasa ICU ang kaibigan namin, at kahit hindi pa kayo ang pumalo sa kaniya, sa paningin ko--- kasalanan niyo'ng pareho.."**

"P-Pero Maxpein---"

"Limang segundo.. kapag hindi kayo nawala sa paningin ko, hindi lang 'yan ang aabutin niyo.."

S-Sa lagay niya'ng 'yan---kaya niya pa?!'

"T-Taguro.." pigil ko sa kaniya!

Mabilis na sumunod sila Yago at Mallyu!

Hirap na hirap si Yago na itulak ang wheelchair ni Mallyu dahil ang isang kamay niya ay nakasaklay!

Kaya naman halos maubos na ang limang segundo'ng ibinigay ni Taguro pero nasa harap pa rin namin sila bagaman mga nakatalikod na sila!

~KLAK!~

Dinig ko ang pagbukas ng pinto malapit samin at..

SI NOONA!

Mabilis na tumama ang paningin niya kila Mallyu at Yago at agad na nanlaki ang mga mata niya!

"W-What are you doing here?!!" galit at may halong takot na sigaw ni Noona sa kanila at saka niya kami nilingon! **"A-Ano'ng ginagawa dito ng mga demonyo'ng 'yan!"**

"N-Noona.." pigil ko pa sa kaniya dahil masiyado'ng maingay ang bibig niya!

"G-Gusto sana naming humingi ng tawad sa mga nagawa namin---"

"Ha! Ang kakapal ng mukha ninyo?! Matapos nong ginawa niyo samin---hihingi kayo ng tawad ng ganiyan ang mga itsura niyo?! Para ano!? Para kaawaan namin kayo!? Hindi! Hindi'ng hindi namin kayo mapapatawad!" sigaw pa ni Noona dahilan para mapasilip sa amin ang mga tao'ng nasa station at kasabay niyon ay ang pagbubukas ng pinto ng iba'ng kwarto para silipin kami,

Mabilis na lumabas ang mga Moon sa ingay na 'yon ni Noona! At ang huling lumabas ay sila Maxwell at Randall!

"What's happening here?!" si Maze!

"Yan! Yang mga 'yan ang may kagagawan ng lahat ng 'to! Ang kakapal ng mga mukha niyo'ng magpakita ngayon dito?! Tignan niyo ang inabot ng mga kasama ko dahil sa mga katarantaduhan niyo!" sigaw na naman ni Noona!

Marami ng nakikiusyoso sa amin munit wala'ng magawa'ng sumuway dahil kilala nila si Noona!

"Ipakukulong ko kayo!" dagdag pa ni Noona!

"W-Wag naman.. N-Nagsosorry na nga kami e.. Ang babata pa namin para makulong---"

"Ang kapal naman ng mukha mo'ng humingi ng tawad at tumanggi'ng magpakulong?!" pigil ang galit na tanong pa ni Noona kay Mallyu! **"Makukulong kayo sa ayaw at sa gusto niyo dahil mga kriminal kayo! Kriminal!"**

"Kung makabintang ka akala mo andaming nangyari sayo ah?!" si Yago! **"Samantalang wala ka namang galos maski isa! Palibahasa'y ganiyan kayo'ng mayayaman! Kapag may nagawa'ng kasalanan ang mahihirap ay talagang ididiin niyo kami!"**

"Ha! At ako pa ang may kasalanan ngayon?! E bobo ka pala e! Sana naisip mo'ng mahirap ka na nga---mag-aral ka na lang! Kesa 'yong puro pakikipag-gulo ang inaatupag mo! Wala kayo'ng magagawa.. labag sa batas ang ginawa niyo at nararapat lang kayo'ng makulong!"

"Pasalamat ka at naawa ako sa'yo nung isigaw mo'ng *buntis* ka! Dahil kung hinde.. baka baog ka na!"

~PAAAAAK!!~

Sinapak ko si Yago!

"Gago!" sigaw ko sa kaniya!

"Get them!"

Sabay sabay kaming napalingon sa pinanggalingan ng sigaw na 'yon!

"C-Chairman.." mahinang usal pa ni Noona habang nakatingin kay Chairman Enrile!

Mabilis na inakay ng isa'ng nurse at security guard si Yago at isang nurse at pulis naman kay Mallyu! Pero hindi sa kanila natuon ang atensyon namin kung hindi kay Chairman!

Gulat na gulat kami'ng nakatingin sa kaniya habang siya ay nakatingin lang kay Noona!

Bakas ang magkahalo'ng galit at gulat sa kabuuan ng Chairman!

"A-Ano'ng narinig ko, Dein Leigh??" pagkaklaro pa ni Chairman munit hindi nakasagot si Noona na nagsisimula ng mabasa ang mga mata! **"A-Ano 'yong nadinig kong.. *B-Buntis* ka?!"**

"C-Chairman.."

"Answer me!"

"C-Chairman.." umiiyak ng sambit ni Noona!

Walang nakapagsalita maski isa!

Nandoon ang mga Moon at gayon na rin si Tita Dayzelle, Heurt at Randall!

"I'm the f-father, Chairman.."

Sabay sabay kami'ng napalingon sa biglang pagsabat na 'yon ni Randall!

"At p-paninindigan ko po ang mag-ina ko---"

Hindi na naituloy ni *noona* ang sasabihin nang sampalin siya ni Chairman. Pare-pareho kaming nagulat at natigilan.

OceanofPDF.com

CHAPTER 156

RANDALL'S POV

"Ako po ang saktan niyo dahil ako ang may kasalanan.." sabat ko matapos saktan ni Chairman Enrile si Dein! **"Ako na lang po, Chairman---"**

"Magtigil ka!" sigaw ni Chairman dahilan para lalo ako'ng mapayuko!

Gusto kong tumayo upang tulungan si Dein munit sadya'ng napakahina ng mga tuhod ko!

Umiiyak na siya at wala ako'ng magawa man lang para sa kaniya!

"K-Kung maaari ay huwag natin pag-usapan dito ang mga bagay na ito.. m-marami masiyado ang nakaririnig sa atin dito.." sabat ni Chairman Moon dahilan para maagaw niya ang atensyon. **"Sa tingin ko ay mas makababuti'ng pag-usapan ninyo 'yan sa inyo'ng mga kwarto."** dagdag pa ni Chairman Moon at saka tinalikuran kami.

Mabilis namang sumunod sina Mokz, Maze at Maxrill kay Chairman Moon. Si Heurt naman ay lumapit kay Maxpein.

Nagulat naman ako nung bigla'ng gumalaw ang wheelchair ko at doon ako napatingala kay Mommy.

Galit na rin siya.

At ang sumunod na nangyari ay nasa kwarto na kami.

Bakas na bakas ang galit sa mukha ni Chairman Enrile habang nakatingin pa rin kay Dein! Nakaalalay naman si Deib sa Ate niya! Bukod sa kanila ay kami'ng dalawa lang ni Mommy ang nasa kwarto ko ngayon.

"Buntis ka?!" pag-uulit ni Chairman sa umiiyak na talaga'ng si Dein! **"Kailan pa!?"**

"M-Mahigit i-isa'ng buwan na po, C-Chairman.." nanginginig ang boses na sagot ni Dein at napayuko agad ako!

K-Kahit ako ay 'di ko alam ang bagay na 'to.. A-At ng dahil sa nangyari at mga pangyayari pa ay h-hindi ko na nagawa'ng kausapin pa si Dein t-tungkol dito d-dahil nawala sa isip ko! A-Ano'ng klase'ng boyfriend ako!? Tsk!

"N-Nakakapag-isip ka pa ba ng tama, Dein Leigh?!!" galit pari'ng sigaw ni Chairman sa kaniya! **"A-Anong pumasok sa kukote mo't hinayaan mo'ng mabuntis ka!"** gigil pa'ng sigaw nito at saka napahawak sa batok!

"C-Chairman.." nag-aalala'ng alalay ni Dein pero mabilis siya'ng pinigilan ni Chairman!

"Huwag mo 'kong mahawak-hawakan, Dein Leigh!" banta pa ni Chairman dito!

"S-Sorry po, Chairman.."

"Disgrasyada!" sigaw ni Chairman sa kaniya at hindi siya nakasagot! **"Saan kami nagkulang?! Ha? Sabihin mo sa akin ngayon---saan kami nagkulang!"**

"W-Wala po, Chairman.." humahagulgol na sagot ni Dein.

"Sa kabila ng mga habilin ko ay ito ang isusukli mo?? S-Sabihin mo sa akin, Dein Leigh, b-bakit??" pigil ang galit na tanong ni Chairman. Bakas ang pagpipigil ng galit sa mukha niya! Nanginginig ang bagang at ang kamay niya'ng nakaturo kay Dein! **"B-Bakit ganito ang isusukli mo sa mga magaganda'ng pangarap namin para sa iyo?!"**

"H-Hindi ko po sinasadya, Chairman---"

"Sana naisip mo ang mga pwedeng kapalit ng panandaliang kaligayahan ninyo!"

Walang nakasagot!

"Ibinibigay ang lahat ng gusto at pangangailangan ninyo at ang kapalit na hinihingi lamang namin ay ang makapagtapos kayo ng pag-aaral at magkaroon ng magaganda'ng buhay na para rin naman sa inyo pero bakit ganito ang ibinibigay ninyo'ng kapalit sa amin! Matapos ay aasta kayo na parang *kayo* pa parati ang tama?!"

"H-Hindi naman po sa ganon, Cha--"

"Manahimik ka!" mabilis na pigil niya sa isasagot ni Dein! **"Manahimik ka at wala ka'ng ibang gagawin kung hindi ang makinig sa mga panunumbat ko!"** nanggagalaiti'ng sigaw pa nito! **"K-Kung iniisip mo'ng matatanggap ko ang lahat ng ito dahil lang sa pagmamakaawa mo ay nagkakamali ka, Dein Leigh! Sino ma'ng magulang ay magagalit.. Maaari'ng matanggap ko ang bata pero hindi kayo.. Ikaw at ang nobyo mo! Pareho kayo'ng hindi nag-iisip! Matatanggap ko ang kahihiyan---matatanggap ko ang mga maririnig**

ko! Pero ang gumuho'ng pangarap ko para sa inyo?? Hindi.. hindi'ng hindi ko matatanggap!"

"C-Chairman---"

"Deib Lohr!"

"C-Chairman??" si Deib.

"Call your Mom and Dad.."

"Y-Yes, Chairman.."

"I want your sister---*out* of our family!"

"C-Chairman!" sigaw ni Dein habang umiiyak!

"C-Chairman, h-hindi naman po yata tama ang desisyon niyo.." sabat ko at galit naman 'tong nilingon ako!

"Sino ka sa akala mo para magsalita ng ganiyan matapos mo'ng buntisin ang Apo ko?!" gigil na tanong niya sa akin na dinuro pa ako! **"Buo'ng akala ko ay mapagkakatiwalaan ko na ang relasyon ninyo pero nagkamali ako!"** dagdag pa niya dahilan para napapahiya'ng mapatingin ako sa kaniya! **"Sana man lang ay nagawa ninyo'ng makapag-isip na muna bago pa man ninyo gawin ang mga kalokohan ninyo! Mga nag-aaral kayo para maging mga ganap na doktor! At nasisiguro kong alam mo---Dein Leigh! Alam mo'ng hindi maaari sa kurso mo ang makapagpatuloy ng ganiyan ang sitwasyon mo!"**

Nawala sa isip ko ang bagay na 'yon.

"Hindi ka maaaring makapagpatuloy sa pag-aaral mo kung talagang buntis ka!" dagdag pa ni Chairman dahilan para mas maghalu-halo ang nararamdaman ko!

Takot.

Kaba.

Kalituhan.

Pagsisisi.

Katangahan.

Lahat 'yan ay sabay sabay ko ng nararamdaman!

B-Bakit ba h-hindi ko naisip na pwede'ng mangyari ang bagay na 'to?!

Nanlulumo ako at pakiramdam ko ay kasalanan ko ang lahat!

"Sinira mo ang buhay mo! Alam mo'ng mataas ang ekspektasyon ko sa iyo---pero sinira mo! Kung gayong mas inuna ninyo ang pansirili ninyo'ng kagustuhan---siguro naman ay alam ninyo na kung ano ang mga susunod ninyo'ng gagawin!"

"C-Chairman, please let me explain---"

"Wala ka ng dapat pa'ng ipaliwanag sa akin, Dein Leigh! I'm disappointed already!" malakas na sigaw agad ni Chairman Enrile sa kaniya! **"Sa kabila ng mga nangyayari'ng 'to---bigla ko'ng malalaman na ganiyan ang sitwasyon mo---ano'ng inaasahan mo'ng magiging reaksyon ko?! Ang matuwa?! Hind mo man lang inisip ang pangarap namin para sa iyo!"**

"I-I'm sorry, Chairman.."

"Ha! Sorry?! May bata sa loob ng tiyan mo at inihihingi mo ng sorry?! Ha! Sige.. panindigan ninyo ang bata'ng 'yan---pero!!! Wala kayo'ng makukuha'ng tulong mula sa akin!"

"C-Chairman---"

"Manahimik ka!" agad niya'ng pigil sa akin! **"W-Wala ka ng anumang dapat na sabihin pa!"** panduduro niya pa sa akin! **"Panindigan mo ang ginawa mo sa Apo ko---at h'wag na h'wag kayo'ng lalapit sa amin! Tayo na, Deib Lohr!"**

"C-Chairman.." pag-aalinlangan ni Deib at galit naman siya'ng nilingon ni Chairman!

"Susunod ka sa akin o pababayaan na rin kita?!" galit na pananakot ni Chairman kay Deib.

"S-Sige na, Deib.. S-Sumama ka na kay Chairman, huh??" umiiyak na pakiusap ni Dein sa kapatid.

"P-Pero, N-Noona---"

"Tayo na, Deib Lohr!" sigaw pa ni Chairman na nagpaumuna ng umalis.

"S-Sige na, Deib.. M-Mag-uusap na muna kami.." pakiusap pa sa kaniya ni Dein at bakas naman ang kawalang-magawa kay Deib.

Mabilis 'tong sumunod kay Chairman Enrile at naiwan kami'ng tatlo nila Mommy sa loob ng kwarto'ng 'yon.

At pagkasarang pagkasara ng pinto'y...

~PAAAK!~

Halos mapaingit pa ako sa lakas ng pagkakasampal sa akin ni Mommy!

Pareho kaming hindi naka-imik ni Dein!

Napayuko ako at hindi ininda ang sakit mula sa pagkakasampal na 'yon ni Mommy!

"T-Tita.." dinig ko'ng tawag sa kaniya ni Dein.

"What were you thinking?!" pigil rin ang galit na tanong ni Mommy at natinag naman ako. **"Are you even thinking?!"**

"M-Mom.." napapailing na tawag ko sa kaniya.

"I-Ikaw na lang ang i-inaasahan ko, Randall.." nagsisimulang mangilid ang mga luha'ng dagdag pa ni Mommy. **"Ikaw na lang ang inaasahan kong makakatulong sakin pero p-problema rin ang dala mo.."**

"M-Mom, please understand.." pakiusap ko pa!

"Pano?? Pano ko'ng iintindihin ang lahat ng 'to?! Sabay sabay ang problema'ng dinadala mo---pano ko iintindihin lahat ng sabay sabay!"

Hindi ako nakasagot at lalo ako'ng napayuko!

"Tama ang Chairman.. Wala kami'ng ibang hiniling kung hindi ang makita kayo'ng makapagtapos at maging successful pareho pero.. binigo ninyo kami.. ng ganito'ng kaaga.."

"M-Mom, please.."

"Please, g-gusto ko rin makapag-isip.." pakiusap ni Mommy at saka umiiyak na lumabas ng kwarto'ng 'yon.

Napayuko ako at pilit na pinigilan ng mga kamay ko ang nagbabadyang pagbagsak ng mga luha doon.

Naramdaman ko ang mabilis na paglapit ni Dein sa akin at pagluhod sa harap ko.

Mabilis ako'ng kumilos at iniabot ang kamay ko sa kaniya.

"C-Come here.." yaya ko sa kaniya at saka siya iniupo sa hita ko. **"I-I'm sorry.."**

"N-No.."

"I'm s-sorry, h-hindi man lang kita nagawang ipagtanggol sa Lolo mo.."

"N-No, it's okay.."

"P-Paninindigan ko ang baby natin.. k-kahit pa ano'ng mangyari---paninindigan ko ang baby natin.."

"P-Pano na ang pag-aaral natin??"

"S-Shh.. D-Don't worry about that.." bulong ko pa sa kaniya at saka siya yumakap sa akin.

Napapaisip ako munit sadya'ng blangko ang laman ng utak ko.

Natatakot ako sa pwede'ng sabihin ng Mommy't Daddy ni Dein pero..

Kailangang lakasan ko ang loob ko para sa kanila.. sa kanila ng baby ko..

MAXWELL'S POV

Kasalukuyan kami'ng nasa kwarto ni Maxpein, kasama si Heurt, Maxrill at Rhumzell.

Hindi ko alam kung nasan sila Mommy pero hindi ko na nagawa'ng makapag-isip at maghanap dahil naagaw ang atensyon ng mga nagkalat na bagay na 'yon na nasa kwarto ni Pein.

Sino namang baduy ang nakaisip na maglagay ng sangkatutak na lobo dito? Tsh!

"W-Whew.. That was tough.." dinig ko'ng bulong ni Maxrill na mahinang sinipa pa ang isa'ng maliit na lobo sa harap niya. **"Noona, you like balloons this much?!"** nakangiwi pa'ng tanong nito!

"Tss.. Galing nga kay Sensui ang mga 'yan.."

"Tsh.. Lahat 'yan??" tanong ko pa at tumango naman agad si Pein. **"Ano nama'ng naisip niya at binigyan ka niya ng ganito?"**

"Simbolo daw 'yan ng puso niya.. Tss.. Kakaiba ang isa'ng 'yon.." seryoso pa'ng dagdag niya. **"Ngayon lang ako nakakita ng tao'ng hinahabol ng puso.."**

"Seriously?" seryoso ri'ng tanong ko at nagtama naman ang paningin namin ni Pein, saka muli'ng napatingin ako sa mga lobo. **"Nice effort.. full of effort.."** nakangisi pa'ng dagdag ko.

"You want one?" animo'ng natatawa'ng tanong niya pa at mabilis naman akong umiling.

"Nah.. Baka mahawa ako ng kabaduyan.. Tsh.." natatawa ri'ng sagot ko.

"Ayos 'yan, magpakatorpe ka na lang buhay mo.. Tss.."

Hindi ko na siya sinagot at iniiwas ko na lang ang paningin ko.

"Nagugutom ako---wala ba kayo'ng pagkain?" tanong ni Pein.

"B-Bibili ako ng makakain.." sabat ni Heurt at agad kami'ng napalingon sa kaniya.

Deretso'ng nakatingin si Pein sa kaniya at wala siya'ng reaksyon. Bakas ang pagkailang kay Heurt habang blangko naman ang emosyon ni Pein.

Bumuntong-hininga pa muna si Pein bago tumingin sakin at nagsalita.

"Nasan sila Daddy?" si Pein, nagkibit-balikat naman agad ako.

"Baka nasa baba.." sagot ko. **"Hindi ko na sila napansin no'ng bumalik tayo dito.."**

"I'm also hungry.." sabat rin ni Rhumzell.

"K-Kung ganon ay bibili na muna ako ng makakain.." pilit ang ngiti'ng ulit ni Heurt.

"Salamat.." mahinang tugon ni Maxpein at gulat na napatitig sa kaniya si Heurt at saka ngumiti. Mabilis na iniiwas ni Pein ang paningin niya at humiga sa kama niya.

Inalalayan ko pa si Pein mahiga ng ayos.

Bakas sa tono ni Pein ang pagiging sinsero kaya naman nauunawaan ko kung bakit ganon ang naging reaksyon ng Nanay niya.

Gayunpama'y, hindi ko magawa'ng magpakita ng reaksyon sa kanila'ng dalawa.

Tumango sa akin si Heurt at saka tuluya'ng lumabas ng kwarto'ng 'yon. Sina Rhumzell at Maxrill naman ay naging abala sa panonood ng TV. Agad naman akong bumaling kay Pein at pinagmasdan ang mukha niya. Nasa malayo ang paningin niya.

"How are you feeling?" tanong ko kay Pein at tumingin naman siya ng deretso sakin.

"Weird.." sagot niya at bahagya'ng natawa naman ako. **"Lalo'ng gumugulo ang paligid ko.. H-Hindi ko maintindihan.."**

"Mmm, ako rin.." sagot ko at tumingin siya ng deretso sakin, nagtama naman ang paningin namin.

"Anong alam mo?"

"W-What do you mean?" gulat pa'ng tanong ko.

"Kilala mo si Heurt, ano'ng alam mo?"

"K-Kung ano'ng nalaman mo ngayon, 'yon lang rin ang nalaman ko. Bukod sa pangalan ng tunay na Mommy mo ay wala akong iba'ng alam pa." sinsero'ng sagot ko at bumuntong-hininga naman siya at muli'ng iniiwas ang paningin at tumingin sa malayo.

"N-Naaawa ako sa sarili ko.." mahina'ng dagdag niya at napatungo naman ako. **"Daig ko pa ang pinagkaitan ng *kalayaan* ng mundo.. kahit ang totoo ay nagagawa ko naman ang lahat ng gusto ko.. Tss.. Alam ko ang pangalan ko pero maski ako ay hindi ko alam ang buo'ng pagkatao ko.."**

"P-Pein.." mahinang tawag ko sa kaniya at nilingon niya naman ako.

"Ang saya saya'ng mabuhay, tsk tsk tsk.." dagdag niya at hindi naman ako nakaimik.

Nanatili siya'ng nakatingin sa malayo at ako naman ay nakayuko sa harap niya at hindi malaman ang sasabihin.

"Pinuntahan ko si Tob.." maya-maya pa'y sambit niya kaya naman napatingin muli ako sa kaniya.

"Mmm?"

"Hindi pa rin siya gumigising.."

"Yeah, I heard.."

"M-May posibilidad ba'ng.. g-gumising pa siya?"

Natigilan ako sa tanong niya.

Hindi ko siya masagot.

Tinanong ko kay Randall ang lagay ni Tob at alam ko'ng *HINDI* maganda ang lagay niya.

Hindi naman siya malalagay sa ICU kung hindi..

"Don't worry, he'll wake up, soon.."

"How soon??"

"Who knows? F-For now, let's just pray for his fast recovery.." sagot ko at iniiwas niya agad ang paningin niya sakin.

"Hindi ko alam kung ano'ng magagawa ko kila Mallyu kapag may masama'ng nangyari kay Tob.."

"Don't say that, Pein.."

"Kung hindi nila 'to sinimulan ay hindi niya aabutin ang ganon.."

"Sa ngayon.. h-hayaan na lang muna natin ang mga pulis ang umasikaso sa kanila.. Magpagaling ka na muna.."

"H-Hindi ako gagaling dito.."

"What do you mean??" taka'ng tanong ko pero hindi na siya sumagot.

Napatitig ako kay Pein munit nasa labas ng bintana'ng nandoon ang tingin niya. Bakas sa mukha niya ang lalim ng iniisip niya.

Ano na naman kaya'ng iniisip nito?

Hindi ko kailanman nabasa ang isip niya.

Mahirap rin hulaan ang mga kilos niya.

Kadalasan ay taliwas sa naiisip ko ang mga nagiging hakbang niya.

"W-What can you say about Dein's pregnancy?" tanong ko at nilingon niya naman agad ako.

"Mmm.." nag-isip pa muna siya kaya naman mas napatitig pa ako sa kaniya. **"Nothing.."**

Iniiwas ko ang paningin ko sa kaniya at tumingin sa labas ng bintana. Bahagya akong naupo sa paanan ng kama niya.

"Ikaw?" dagdag tanong niya ka naman napailing ako bigla.

"N-Nakakagulat syempre, pero.. masaya ako para sa kanila.." sagot ko.

"Hindi halata sa mukha mo.."

"Tsh.."

"Just kidding.."

"Not funny.."

"Hindi ko naman sinabi'ng tumawa ka.." seryoso'ng pang-aasar niya pa at iniiwas ko naman ang paningin ko sa kaniya. **"May gusto ka pa rin ba sa kaniya?"**

"Watch your mouth!" inis na bulong ko sa kaniya at bahagya'ng iniangat naman niya ang ulo niya at sinilip 'yong dalawa'ng nasa sofa. **"B-Baka marinig ka ni Rhumzelle, alam mo namang matalino 'yan.."**

"Oh, e ano nama'ng nakakatakot 'don?"

"Tsh, sinabi ko ba'ng natatakot ako?"

"Hindi, pero nakikita ko sa mukha mo."

"Shut up, Pein."

"Just answer the damn question, Maxwell.." nakangisi'ng dagdag niya pa at sininghalan ko naman agad siya ng tingin.

"Matagal na 'kong wala'ng gusto sa kaniya.." sagot ko pa at saka iniiwas ang paningin ko.

"Recently lang 'yan, trust me.." pang-aasar niya pa at pinandilatan ko naman siya ng mga mata! **"Bagay kayo ni Yaz, salungat ang ugali niyo pero bagay kayo.."**

"Bakit mo naman nasabi?" natatawa'ng tanong ko.

"Dahil pareho kayo'ng maarte.."

~RING! RING! RING!~

Napatingin ako sa cellphone ni Pein na nasa side table. Mabilis ako'ng lumapit doon para tignan.

~Naih Calling. . . ~

"It's Naih.." abot ko sa kaniya ng cellphone niya.

"Talk to her.."

"Why don't you talk to her?"

"Inaantok ako.." sagot lang ni Pein at saka umayos sa pagkakahiga at pumikit.

Napabuntong-hininga naman ako at saka ko sinagot ang cellphone.

"Hello?" sagot ko sa linya.

"M-Max?!"

"This is Maxwell.." pakilala ko.

"Bakit ikaw?!"

"She's sleeping.."

"Si Y-Yaz 'to.."

"O-Oh??" bigla'ng tanong ko.

"Kumusta kayo d'yan?"

"W-We're okay, I guess.."

"Mmm, may problema ba?"

"Something came up.."

"What?"

"None of your business.."

"Stupid! Binanggit mo---kaya sabihin mo na! What happened?!"

"It's about Dein and Randall, nakarating na sa Chairman ng mga Enrile 'yong pagbubuntis ni Dein.."

"That's good!"

"Hindi nila nagustohan.."

"What?! That's how stupid they are?! Wow, ah!"

"Tsh.."

"O siya siya, sige na! Kumain ka na ba?!"

Why do you ask!? Tsh!

"Hoy! Kumain ka na ba kako?!" pag-uulit niya at hindi pa rin ako sumagot! **"Fine! Edi 'wag mo'ng sagutin! Mamatay ka sa gutom!"** sigaw niya pa at..

TOOT!*TOOT!*TOOT!

Ibinaba niya ang linya!

Freak..

"Si Yaz??" tanong ni Pein at gulat naman ako'ng napatingin sa kaniya. Nanatili siya sa posisyon niya at nakapikit.

"M-Mmm.." tipid na sagot ko.

"Papunta na 'yong mga 'yon dito.."

"H-How did you know?"

"Nararamdaman ko.."

"Tsh.."

Pumikit si Pein kaya naman sandali akong napatitig na lang sa kaniya at saka napabuntong-hininga.

I don't know what to say.. I understand you, but I really don't know what to say..

~KNOCK! KNOCK!~

Napalingon ako sa pinto no'ng may kumatok at natigilan pa ako nung pumasok si Keziah. Nakangiti agad siya. Pinanood ko naman siya hanggang

sa makalapit siya sa amin.

"Late morning!" nakangiti'ng bati niya pa na nasa akin ang paningin.

"Mmm.." tugon ko lang sa kaniya.

"I'm here to check her Vital Signs.." nakangiti'ng dagdag niya pa at naiiwas ko naman ang paningin ko.

"Hindi ko alam na pati 'yan ay trabaho mo na ngayon.." pasinghal na sagot ko at natigilan naman siya at saka nilingon ako at binigyan ng napapahiya'ng tingin. **"Masiyado mo naman yata'ng pinasisikatan ang mga nurse mo niyan?"** sarkastiko pa'ng dagdag ko.

"H-Hindi naman sa ganon.." mahinang sagot niya. **"L-Lunch break kasi nila e---"**

"Hindi pwede'ng magsabay sabay ng lunch break ang mga nurses on duty.." nakangisi'ng sagot ko at napayuko naman siya sa pagkapahiya. **"Do it fast, she needs more rest. Thank you."** sabi ko pa at saka iniwan sila at saka ako lumapit kila Maxrill at Rhumzell.

DEIN'S POV

Pareho na kami'ng balisa ni Randall at malalim ang iniisip.

Hindi ko siya magawa'ng lapitan dahil natatakot ako'ng baka mag-init bigla ang ulo niya.

Hindi ko mapigilan ang pagtulo ng mga luha ko. Naiiyak ako ng higit pa sa gusto ko.

May parte sa pagkatao ko'ng parang nabunutan ng tinik at nakahinga'ng maluwag.

P-Pero.. n-natatakot pa rin ako sa mga susunod na mangyayari.. Natatakot ako..

Muling nagtuloy ang pag-agos ng luha sa mga mata ko at naramdaman ko na lang na may kamay na dumapo sa balikat ko kaya naman agad ko'ng naingat ang paningin ko.

"H-Hon.." naiusal ko pa.

Bakas sa mga mata ni Randall na pinalalakas niya lang ang loob niya munit batid ko'ng natatakot rin siya.

"Don't worry, Hon.. Hindi kita iiwan.." mahinang sagot niya at napangiti naman ako bagaman tumutulo pa rin ang mga luha ko.

~KLAK!~

Sabay kami'ng napalingon ni Randall sa biglaa'ng pagbukas ng pinto'ng 'yon. Kasunod ng pagbukas niyon ay ang pagpasok nina Mommy, Daddy,

Chairman Enrile, Lolo at Deib. Marahang isinara pa ni Deib ang pinto at naramdaman ko ang tensyon sa pagitan naming lahat!

Mabilis ako'ng napatayo at ang mga daliri ko ay wala ng hinto sa pagkikiskisan.

Hindi ko alam ang sasabihin ko.

Pakiramdam ko ay umurong ang mga luha ko at ngayon ay nag-uunahan naman sa pagtibok ang puso ko!

M-Mommy..

Deretsong nakatingin sa'kin si Mommy at Daddy gayon na rin si Lolo habang sina Chairman at Deib naman ay pareho'ng nasa baba ang mga paningin!

Hindi ako nakakilos! Hindi rin ako nakapagsalita.

Lumapit sila at tumayo sa harapan namin ni Randall.

"May gusto ka daw sabihin sa amin, Dein Leigh?" pangunguna ni Daddy dahilan para lalo akong kabahan.

Hindi ako makatingin ng deretso sa mga mata ni Daddy at napatingin ako kay Randall na nakaupo pa rin sa wheelchair niya.

"L-Let me explain, Tito.." ramdam ko ang kaba sa tono ng pananalita ni Randall.

Bahagya pa ako'ng nagulat nong maramdaman ko'ng hawakan niya ang kaliwa'ng kamay ko kaya naman naituon ko sa kaniya ang paningin ko.

"What is it, Randall?" pormal na tanong sa kaniya ni Mommy at napapikit naman ako!

Batid kong wala sila'ng ideya sa sasabihin namin!

Ramdam ko ang higpit ng pagkakakapit ko sa kamay na 'yon ni Randall na nakahawak sa kamay ko! Sa kaniya ko ibinubuhos ang kaba at takot na nangingibabaw sa dibdib ko!

"Are you pregnant?"

Gulat akong naiangat ang paningin ko at nagtama ang paningin namin ni Mommy!

Parang huminto ang paghinga ko at hindi ko na mapigilan ang bilis na 'yon ng tibok ng puso ko!

Deretso'ng deretso ang mga titig sakin ni Mommy at pakiramdam ko ay hinihigop ako ng mga tingi'ng 'yon!

"M-Mommy.." wala sa sariling naiusal ko!

Seryoso'ng seryoso ang mukha ni Mommy pero kita'ng kita ko ang pagkadismaya sa mga mata niya!

Kusa'ng tumulo ang mga luha ko..

"D-Dein Leigh?" tawag sakin ni Daddy na animo'ng naghihintay ng sagot ko at sa kaniya ko naman naituon ang paningin ko!

Nakikita ko na ang galit sa mga mata ni Daddy kaya naman hindi lalo ako nakapagsalita!

Nagtuloy tuloy ang pagtulo ng luha sa mga mata ko at pakiramdam ko ay gusto ko'ng hilahin mula sa pagkakahawak ni Randall ang kamay ko't itakip ang mga 'yon sa mukha ko sa sobra'ng pagkapahiya'ng nararamdaman ko sa harap mismo ng pamilya ko!

"A-Answer your mother, Dein Leigh.." dinig ko'ng sambit ni Lolo at lalo'ng nanindig ang mga balahibo ko!

Hindi ako nakapagsalita!

"Y-Yes, she's pregnant.." si Randall!

Napahinga ako sa isinagot ni Randall at ang kasunod non ay ang paghahabol ko ng paghinga at ang sumunod ay ang tahimik na hikbi na nagmumula sa kaibuturan ng puso ko!

I'm so afraid.. I'm so afraid..

"Oh my God." dinig ko'ng naiusal ni Mommy at saka ko naingat ang paningin ko sa kaniya.

Mangiyak-ngiyak si Mommy'ng napahawak sa noo niya at agad namang umalalay si Daddy sa kaniya!

Mabilis na lumapit si Deib at yumakap sa kaniya si Mommy!

Si Daddy ang mabilis na humarap samin at lalo'ng bumakas ang galit at gulat sa mukha niya!

"D-Dein." napapapikit pa'ng tawag sakin ni Daddy at wala naman ako'ng magawa kung hindi ang huminga ng huminga at umiyak! Napahilamos si Daddy sa mukha niya at saka pigil ang galit na napahawak sa magkabila'ng tagiliran niya! **"K-Kailan pa??"** halata'ng gigil na tanong pa ni Daddy at napalunok naman ako bago pa magsalita!

"O-One month na, D-Dad.."

"Oh my God.. Oh my God! I knew it.." dinig kong bulong ni Mommy habang nakayakap kay Deib, dahilan para mapahinto ako sa paghikbi at gulat na mapatingin sa kaniya! Hindi ako nilingon ni Mommy kaya naman napayuko na lang ako at muli'ng umiyak!

Parehong hindi nakapagsalita sila Mommy at Daddy at bakas pa rin ang pagkagulat sa mga mukha nila!

"P-Pano m'ng nagawa sa amin ito, Dein Leigh??" pigil ang galit na sabat ni Lolo munit hindi ko siya magawa'ng tignan! **"A-Alam mong.. m-mataas ang pangarap namin para sa iyo.."**

"I-I'm sorry, Lolo.. I-I'm so sorry---"

"S-Saan kami nagkulang, anak??" si Daddy. Napatingin ako sa kaniya at halos pigain ang puso ko nung makita ko'ng umiiyak rin siya! **"H-Hindi naman siguro kami nagkulang ng Mommy mo sa p-paalala, hindi ba??"**

"I-I'm so sorry, Dad.."

"W-Wala'ng humadlang sa relasyon ninyo ni Randall pero.. isang bagay lang ang hiniling namin sa inyo at 'yon ay ang makapagtapos na muna kayo ng pag-aaral bago sumuong sa p-pagpapamilya pero.. b-bakit ganito namang kaaga, Dein?? W-Why now??"

"D-Dad.."

Iiling-iling si Dad na pinunasan ang luha niya at napayuko pa siya sa pagpapahid ng luha niya.

Ramdam na ramdam ko ang disappointment sa kanilang lahat!

"P-Pananagutan ko po si Dein, T-Tito---Tita.."

"R-Randall, h-hindi 'yon e. Alam naming paninindigan mo ang anak namin, at kahit ayaw mo pa ay pipilitin naming panindigan mo ang anak namin pero.." napahinto pa si Daddy sa pagsasalita at saka muli'ng napaluha na mabilis niya ri'ng pinunasan! **"N-Napakabata niyo pa.."** marahang dagdag pa ni Daddy at nakagat ko naman ang pang-ibaba'ng labi ko sa sobrang pagkapahiya! **"H-Hindi ko malaman kung b-bakit sa kabila ng mga paalaala namin sa inyo ay g-ganito ang nangyari.. b-bakit kailangang maging ganito kaaga?? P-Paano na ang pag-aaral mo, Dein!?"**

"D-Daddy.."

"Alam mo bang hindi ka makakapagpatuloy sa pagdodoktor mo ng buntis ka?!"

"O-Opo.."

"Edi sana nag-isip ka muna!" sigaw ni Daddy at napapikit naman ako sa takot! Hindi ako nakasagot at nagtuloy lang sa pag-iyak! **"S-Sana inisip mo na pwede'ng mangyari 'to---at kapag nangyari 'to ay mahihinto ang pag-aaral mo---bagay na iniiwasan ko! B-Binigo mo ako, Dein.."**

Hindi ko napigilan ang sarili ko'ng mapatingin ng deretso kay Daddy at naramdaman ko na naman ang biglaang paghinto ng puso ko na agad rin

namang nagtuloy at mas bumilis pa!

"H-Hindi ko inaasaha'ng ganito ang i-isusukli mo sa pangarap na binuo ko para sa'yo.." dagdag pa ni Dad at ramdam na ramdam ko ang sakit ng mga salita'ng 'yon sa puso ko!

"Tayo ang nagkulang.." sabat ni Mommy at hindi ko napigilan ang sarili ko'ng lingunin siya!

Nawala ang mga luha sa mga mata ni Mommy at napalitan ang kaninang umiiyak at malungkot na reaksyon niya ng pagiging seryoso! Nakikita ko rin ang disappointment sa mga mata niya!

"M-Mommy.." usal ko.

Tumingin ng deretso si Mommy sa mga mata ko at lalo siya'ng sumeryoso!

"I-I'm sorry rin kung.. h-hindi ko nagawa'ng bantayan kayo, kayo ng kapatid mo.. S-Siguro nga ay may mali kayo dahil sa mura'ng edad ay may nagawa kayo'ng hindi dapat ginagawa ng mga nasa edad ninyo---pero.." muli'ng nagsalubo'ng ang mga kilay ni Mommy at mabilis na namang nangilid ang mga luha sa mga mata niya. **"..bilang M-Mommy mo ay alam ko'ng m-malaki ang naging pagkukulang ko.. l-lalo'ng lalo na sa pagpapalaki sa inyo---hindi ko kayo n-nagawa'ng bantayan at g-gabayan habang lumalaki kayo kaya.. k-kulang ako sa paalaala sa inyo.."**

"M-Mommy, p-please don't say that.." umiiyak na pakiusap ko at mabilis naman siya'ng umiling habang nakatingin sa'kin at lalo ako'ng naiyak!

"C-Congratulations, baby.." nanginginig ang mga labi at tumutulo ang mga luha'ng usal ni Mommy at napanganga ako habang umiiyak dahil hindi ko inaasaha'ng sasabihin niya 'yon.

Pinahid niya pa ang mga luha sa mga mata niya at saka dahan dahang lumapit sakin at *YUMAKAP*!

Hindi ko napigilan ang sarili ko'ng mapahagulgol habang nakayakap kay Mommy!

"I-I'm so sorry, Mommy.." naiusal ko pa sa bandang tenga niya.

"S-Shh.. d-don't be sorry, it's a gift.. a blessing.. You don't have to be sorry.. you should be thankful.." dinig ko'ng bulong rin niya sa tenga ko kaya naman lalo'ng humigpit ang pagkakayakap ko sa kaniya at lalo'ng umiyak pa.

OceanofPDF.com

CHAPTER 157

DEIB'S POV

Hindi ko maipaliwanag ang mararamdaman ko.

Bakit kailangang magkasabay sabay kasi? Tsk!

Pero aaminin kong nakahinga ako ng maluwag dahil sa sinabi ni Mommy kay Noona.

She's the best Mom in the world.. in the whole world.

Napapayuko'ng napabuntong-hininga na lang ako dahil sa pangyayari'ng 'yon.

Sandali'ng katahimikan ang nangibabaw sa pagitan ng lahat na agad rin namang binasag ni Daddy.

"What are your plans??" salubong pa rin ang kilay na tanong ni Dad kay Randall na agad namang tumingin sa kaniya.

"I-I'll take care of them, T-Tito.. Dein and our child, I'll take care of them.." napapayuko pa ri'ng sagot ni Randall pero tumango tango lang si Daddy sa kaniya.

Hindi na nagsalita pa si Daddy at napapunas sa sarili'ng bibig at saka tumingin sa magkayakap pari'ng sina Mom at Noona.

Agad namang naitingala ni Noona ang paningin niya kay Dad at nagsalubong ang tingin nila.

Bakas pa rin ang disappointment sa mukha ni Daddy at talaga'ng nangingilid pa rin ang mga luha niya.

Umiling ng ilang beses si Daddy at saka inilahad ang dalawa'ng kamay niya kay Noona, senyales na inaantay nito'ng papayakap na lumapit si Noona sa kaniya.

"D-Daddy.." napapahikbi pa'ng usal ni Noona at saka kumalas sa pagkakayakap ni Mommy at saka patakbo'ng yumakap kay Daddy.

Mabilis siya'ng sinalubong ni Daddy ng yakap at bagaman hindi ako ang yakap yakap ni Daddy na 'yon ay nakikita ko kung gaano'ng *kahigpit* ang yakap nila sa isa't isa.

Napakasarap sa pakiramdam ko ang pagmasdan sila sa itsura nila ngayon.

Kanina ay akala ko palalayasin na nila ng tuluyan si Noona sa puder nila dahil makikita't mararamdaman mo talaga ang galit kay Daddy at mababasa mo naman ang hinanakit kay Mommy.

"Tsk tsk tsk.."

Bahagya ako'ng napalingon sa tagiliran ko at napatingin ako kay Chairman!

G-Galit pa rin siya..

Iiling-iling si Chairman habang nakatingin kila Dad at Noona!

Sa gawi'ng 'yon ay napasulyap rin ako kay Lolo at hindi nalalayo sa reaksyon ni Chairman ang reaksyon niya.

Bahagya ako'ng nakaramdam ng lungkot.

H-Hindi lahat ay natanggap..

Nagkalas sa pagkakayakap sina Daddy at Noona.

Pinunasan pa ni Daddy ang mga luha sa mukha ni Noona at saka hinawakan siya sa magkabilang balikat at pinagmasdan pa ang buo niya'ng mukha.

"I-I'm still mad.." tatangu-tango'ng dagdag ni Daddy. **"P-Pero naiintindihan ko'ng hindi 'to ang tama'ng oras para pasamain ko ng p-pasamain ang loob mo, hindi lang makabubuti sa lagay mo.."**

"D-Dad.."

"H-Hindi rin naman maganda'ng m-may sama ako ng loob sa inyo habang dinadala mo ang.. m-magiging apo ako sa s-sinapupunan mo.. Galit ako hindi dahil sa baby. Galit ako dahil hindi mo sinunod ang mga sinabi ko.. ang mga pangaral ko.. P-Pakiramdam ko ay n-nabalewala 'yong mga.." napabuntong-hininga pa si Daddy dahil muli'ng tumulo ang mga luha niya. **"..paraan ko ng pagpapaalaala sa'yo.."**

"I-I'm really sorry, Daddy.." umiiyak ri'ng sagot ni Noona at agad naman siya'ng tinanguan ni Daddy.

"D-Don't mind me.. mawawala rin 'to.." dagdag pa ni Daddy at saka sila muli'ng nagyakap.

Matapos non ay humiwalay si Noona sa pagkakayakap kay Daddy. Saglit pa niya'ng pinahid ang mga luha niya at pag-angat ng paningin niya ay na kay Lolo na ang paningin niya.

Hindi nagsalita si Lolo at nanatili lang na nakatingin sa kaniya.

"L-Lolo.." mahinang tawag sa kaniya ni Noona. Saglit siya'ng tinitigan ni Lolo munit mabilis ri'ng inalis ni Lolo ang paningin sa kaniya.

Muli'ng nangilid ang mga luha ni Noona habang nakatingin kay Lolo pero iiling-iling na napayuko lang si Lolo at saka napahawak sa batok niya. Muli siya'ng tumingin kay Noona at saka nagpakawala ng isa'ng malalim at malakas na buntong-hininga.

"Nasabi na nila ang lahat.. Ano pa ba ang sasabihin ko?" bakas pa rin ang pagkadismaya sa mukha'ng usal ni Lolo. **"Hindi ko inaasahan ang bagay na 'to.. May karapatan namang magalit kami'ng mga magulang mo sa'yo.. sa inyo.. Dahil nasa inyo na nga naman ang lahat at.."** muling napabuntong-hininga si Lolo at tumango-tango pa. **"Ahh yeah.. Hindi ko na uulitin pa ang mga sinabi na nila. Sa ngayon ang masasabi ko na lang ay sana.. magawa niyo pari'ng matapos ang pag-aaral ninyo sa kabila ng maaga'ng pagpapamilya.."** pormal na dagdag ni Lolo at nanatili'ng nakayuko naman sina Randall at Noona.

"C-Chairman.." tawag ni Daddy kay Chairman na agad namang lumingon sa kaniya. Hindi 'to kumibo at nakipagtitigan lang kay Daddy. **"K-Kailangan rin po ng blessing nila Randall at Dein mula sa inyo.."** magalang pa'ng pakiusap ni Daddy pero nakangiwing umiling si Chairman sa kaniya!

"Blessing para sa baby nila.. Oo.. Ibinibigay ko ang blessing ko--- pero para sa kanila'ng dalawa??" muli'ng umiling si Chairman na may masama'ng tingin! **"I'm disappointed! Very.. very.. disappointed.."** nanginginig pa ang mga bagang na dagdag ni Chairman! **"But don't worry because I'm not blaming you for disappointing me.. I'm blaming myself for *expecting too much* from you.."** pagdidiin pa ni Chairman at saka sumenyas kay Lolo! **"Tayo na.."**

"C-Chairman!" habol ni Noona sa kaniya pero napahinto lang si Chairman at agad rin niya'ng binuksan ang pinto ng kwarto'ng 'yon!

Mabilis naman ako'ng sumunod sa kanila.

"D-Deib, ihatid mo na muna ang Lolo mo at ang Chairman.." pakiusap ni Daddy at tinunguan ko naman agad siya at saka ako mabilis na sumunod kila Lolo.

"Lolo.. Chairman.." tawag-pansin ko sa kanila at agad naman nila ako'ng nilingon. **"Ako na po ang maghahatid sa inyo."** dagdag ko pa at agad nama'ng tumango si Lolo. **"K-Kukunin ko lang po ang susi ng kotse ko.."**

"Bilisan mo." sagot pa ni Lolo at saka ako nagmadali papabalik sa kwarto ni Taguro.

Hindi ko na nagawa'ng kumatok at agad na lang ako'ng pumasok.

Ang mga lobo ko!

Dali dali ko'ng hinanap ang mga lobo ko at nakahinga ako ng maluwag nong makita ko ang mga 'yon sa mga dati nito'ng pwesto.

Gulat sila'ng makita ako'ng nagmamadali'ng pumasok.

Sina Maxwell, Maxrill at Rhumzell ay nakaupo sa couch kaya naman paglingon ko sa kama ay agad ko'ng nilapit ang nakahiga'ng si Taguro.

Tulog?

"Babe?" bulong ko pa sa kaniya pero hindi siya sumagot. **"Babe..??"** pag-uulit ko pa pero tulog pa rin siya kaya naman napangiti pa ako habang nakatingin sa kaniya.

Nilingon ko pa si Maxwell at tumingin rin siya sa'kin.

"K-Kanina pa siya tulog?" mahina'ng tanong ko pa.

"Gising 'yan." nakangiwi'ng sagot ni Maxwell!

Nilingon ko si Taguro at..

Bahagya pa ako'ng napaiwas sa kaniya dahil mulat na ang mga mata niya paglingon ko sa kaniya at deretso ng nakatingin sakin!

"A-Ano ba!" inis na singhal ko kay Taguro! **"Nakakagulat ka!"**

"Tss.. Ba't ang tagal mo?" wala'ng emosyo'ng tanong niya at natigilan naman ako.

Ibig sabihin ay hinihintay niya ako! Hahahahahahahahahahaha! Taguro.. Taguro.. Taguro.. Tsk tsk tsk!

Hindi ko ipinahalata'ng natuwa ako sa tanong niya at nagpanggap ako'ng abala sa ginagawa ko.

Hindi ko siya sinagot at mabilis ko'ng kinuha ang maliit na bag na kanina'ng dinala ko dito.

"Woi.." tawag-pansin niya pa'ng muli sa'kin at nilingon ko naman siya!

Gusto ko pa siya'ng sigawan dahil blangko pa rin ang mukha niya!

Hindi man lang magmakaawa'ng yakapin ko siya! Badtrip!

"Aalis ka?" tanong niyo at tumango lang ako. **"San ang punta mo?"** tanong niya at hindi ko naman siya sinagot. **"Okay na ba sila?"** tanong niya'ng muli at tumango lang muli ako. **"Tss! E bakit hindi ka nagsasalita?!"** bakas ang inis sa tono niya kaya naman hindi ko na napigila'ng mapangiti habang nasa mga gamit ko ang paningin ko!

Kinuha ko ang susi ko at saka ako dahan daha'ng tumayo at nakangiti'ng lumapit sa kaniya!

"Namimiss mo 'ko?" nakangiti'ng bulong ko sa kaniya.

"Tss.."

"Namimiss mo 'ko, no?"

"Sige na, umalis ka na.."

"Sabihin mo muna'ng namimiss mo ko.."

"Hindi kita namimiss.."

"Tch! Namimiss mo 'ko e, 'di ba??" nanunukso pa'ng tanong ko.

~KNOCK! KNOCK!~

"Deib Lohr.."

Gulat akong napalingon sa pinto at nandoon si Lolo! Kumatok siya sa bukas nama'ng pinto!

"Let's go.." dagdag pa ni Lolo na sumenyas!

Mabilis ako'ng napaayos ng tayo at tumango!

"Y-Yes, Lo.. M-Magpapaalam lang po ako.." sagot ko at hindi naman siya kumibo. Pansin ko'ng sumulyap pa muna siya kay Taguro bago tuluya'ng umalis sa harap ng pinto.

Tumingin ako kay Taguro at saka naman niya ako nilingon. Blangko pa rin ang ekpresyon ng mukha niya at seryoso naman ako'ng tumingin sa kanila.

"Aalis na muna ako.." paalam ko.

"San ka pupunta?"

"Babalik ako agad.."

"San ka nga pupunta?"

"I love you.." mahina'ng usal ko pa at saka ngumiti sa mukha niya'ng wala man lang ipinagbago ang itsura!

"San ba kase ang punta mo??" salubong ang kilay na tanong niya.

"Ihahatid ko lang sila Lolo at Chairman.. Babalik ako agad, babantayan kita.."

"Okay lang ako.."

"Hindi ko naman sinabi'ng hindi, tch! Babantayan kita mamaya! Lahat ng lingo'ng gagawin mo ay titignan ko, hehehehehe! Ganon kita kamahal.."

"Kapraningan ang tawag d'yan. Tss! Sige na, baka hinihintay ka na nila. Ingat.."

"I love you ko muna?"

"Oo na---"

"Tch! Isa!"

"Umalis ka na, yari ka sa Lolo mo.."

"Maiintindihan niya kapag sinabi ko'ng hinihintay ko ang---"

"I love you---umalis ka na."

"Aalis na ko, babalikan kita.."

"Sige.."

"I love you.."

"Ingat.."

"I love you---"

"Masapak ka sana ng Lolo mo, hehe.."

"Ang korni ng joke mo!" inis na singhal ko sa kaniya at saka madii'ng hinalikan siya sa noo! **"Tsk! Amoy kemikal ka!"** inis pa'ng bulong ko sa kaniya! **"Mamaya ah? Hehehehe.. See you later, Taguro!"** sabi ko pa at saka kinindatan siya at naglakad papalayo. **"Una na ko, babalik rin ako.."** paalam ko pa kila Maxwell.

Pero tinignan lang nila ako ng para'ng *HANGIN. Dumaang HANGIN!*

Mga abnormal! Magsama sama kayo'ng lahat dyan!

Nginiwian ko pa ang labas ng pinto pagkasara ko non at saka ako naglakad papabalik kila Lolo at Chairman na masama na agad ang tingin sa'kin!

"H-Hinanap ko pa po kasi ang susi ng kotse ko.." pagdadahilan ko at hindi naman na sila kumibo.

Padabog na pinindot ni Chairman ang elevator button at sumakay na kami. Wala'ng namutawi'ng salita hanggang sa makasakay kami sa kotse.

"Kumusta na ang lagay ng mga kasama mo?" maya-maya pa'y tanong ni Lolo kaya naman napalingon pa ako sa kaniya bago nagpatuloy sa pagmamaneho. Mabagal ang pagmamaneho ko dahil takot ako'ng masigawan nila ako kapag binilisan ko.

"Si Tob na lang po ang hinihintay naming magising.." sagot ko.

"Matindi ang tama ng isa'ng 'yon.. Siguro naman ay magsisilbi'ng aral sa inyo ang napala ninyo??" sarkastiko ang dating ng pangaral na 'yon ni Lolo kaya hindi ako agad nakaimik! **"Kung hindi mo sinimulan ang bagay na 'yan na pambubuyo mo noon kay Maxpein ay hindi aabot sa ganito ang pangyayari'ng 'to.."** mahina'ng dagdag pa ni Lolo dahilan para bigla'ng *bumilis* ang tibok ng puso ko!

Nagkasunod-sunod ang naging paglunok ko at hindi ko masyado'ng maituon ang pansin ko sa pagmamaneho!

Hindi ako nakapagsalita at kung anu-ano'ng isipin ang naglaro sa utak ko!

Hindi ko magawa'ng tignan si Chairman na nasa likuran dahil ramdam ko'ng nakatingin siya sa'kin mula sa rear mirror!

Nasa tabi ko si Lolo munit kahit pa mahina ang pagkakasabi niya ng huli'ng linya'ng 'yon ay alam ko'ng narinig 'yon ni Chairman!

Katapusan mo na, Deib!

"How's your relationship with her?" bigla'ng tanong ni Chairman dahilan para kusa na ako'ng mapasulyap sa kaniya mula sa salamin!

"W-We're fine, Chairman."

"CH!" singhal agad niya! Bahagya pa ako'ng napaingit sa kinauupuan ko habang nagmamaneho! **"Sana lang ay h'wag kang magaya sa Ate mo!"**

"Dad.." pigil sa kaniya ni Lolo. **"Hindi naman tayo bibiguin ni Deib Lohr, hindi ba, Deib Lohr?"**

Natigilan ako sa tanong na 'yon ni Lolo at mabilis na namuo ang tensyon sa dibdib ko!

Pakiramdam ko ay sabay na sasabog ang dibdib at ulo ko!

"Sana nga.. dahil hindi ko na alam kung paano pa ako'ng magkakaroon ng panibago'ng Apo kapag gumaya pa siya sa Ate niya. Baka nakakalimutan mo'ng hindi ko gusto ang bata'ng 'yon para sa iyo?" dagdag ni Chairman at nanginig naman ang mga bagang ko! **"Lalo pa't sa nangyari ngayon? Nagkaroon ako ng panibago'ng dahilan para hindi ko siya magustohan.."**

Hindi na ako sumagot pa dahil hindi ko pwede'ng pairalin ang init ng ulo ko sa ngayon dahil nakakasiguro ako'ng mas mainit ang mga ulo nila.

NAIH'S POV

Kasalukuyan ako'ng nag-aayos na ng gamit dahil papunta kami sa ospital para dalawin ang mga kaibigan namin, lalo na si Max!

Kumusta na kaya ang lagay niya?!

Naguiguilty ako!

Hindi ko man lang siya nabantayan sa ospital!

Tsk! Kung bakit naman kasi sangkatutak sila'ng nandoon!

Ang totoo ay ayaw pa man naming umuwi ay pinauwi na kami ni Chairman Moon! Masiyado na daw kami'ng madami kung lahat kami ay nandoon. Ako kasi ay nasa kwarto'ng palagi ni Max at Ate no'ng hindi pa kami nakakauwi.

Dumating naman ang parents ni Tob, kaya naman hindi na rin pwede'ng magstay si Lee sa ICU kasama si Tob dahil limited lang ang tao'ng

pwede'ng magstay doon.

"Ate! Ano ba?! Ang tagal mo!" inis na sigaw ko sa kaniya dahil kanina pa ako'ng nandito sa baba at naghihintay sa kaniya!

~BLAG!~

Napalingon pa ako sa taas dahil sa malakas na pagsara na 'yon ng pinto na narinig ko!

"Pwede ba'ng maghintay ka?! Ikaw kaya ang saktan ko?!" inis ri'ng singhal niya sakin habang iika-ika pa ri'ng naglakad pababa ng hagdan!

Psh! Bahala ka sa buhay mo! Gumulong ka sana pababa d'yan!

Nakasimangot ako'ng pinanood siya'ng hirap na hirap na bumaba ng hagdan!

Ang totoo ay hindi pa namin napag-usapan ng maayos ang tungkol sa nangyari! Parati siya'ng tulala na akala mo sobra'ng daming iniisip simula 'yong nangyari!

"Ano?! May masakit pa ba sa'yo?!" inis pa'ng tanong ko!

"Marami! At hindi 'yon maalis ng pagsigaw sigaw mo! Ang ingay ingay mo!"

"Wow! At para'ng ikaw naman ay hindi?! Gusto'ng umuro'ng ng mga litid ko sa hiya, Ate!"

"P-Pwede ba'ng bigyan mo naman ako ng kapayapaan kahit isa'ng araw lang!?"

"Hinde! Hinde kita pwedeng bigyan ng kapayapaan dahil magkakasama pa rin tayo ngayong araw! Kung baket naman kase pumunta punta ka pa dito! Ayan! Ayan tuloy ang napala mo! Pasalamat ka't napapayag mo kong wag ng magsumbong kila Daddy dahil kung hinde---panigurado'ng sinasalubo'ng ka nung mga 'yon sa Airport ngayon!"

"Psh! Shut up, weak!"

"Wow! Kung maka-weak ka naman---parang andami mo'ng nagawa ah?! E ilang beses ka nga'ng na-flying kick d'yan! Ang yabang yabang mo kase! May paharang harang ka pa sa harap namin at pasangga sangga ng mga suntok at sipa nung mga gunggong na 'yon! E ang talent mo naman ay makipag-espadahan ng wala'ng talim!" pagpapatungkol ko pa sa sports niya'ng fencing!

Hanggang ngayon ay hidni ko maipaliwanag kung paano'ng natuto ng ganoon si Ate!

Psh! Ang natatandaan ko lang ang pagiging brutal niya no'ng mga bata pa kami! Hindi ko akalai'ng gagaling siya ng ganyan sa pagiging brutal niya noon!? In fairness ah!?

"Sa wakas, nakababa rin.." pagmumukmok ko pa nung tuluyan na siya'ng makababa ng hagdan! **"Sabe ko naman sayo, mag-aral ka ng magsaklay!"**

"Zarnaih---pleasee!!" malakas na sigaw niya at gulat na napailag naman ako!

"Ang OA mo, Ate! Sus! Stop me! Mawawala 'yan kapag nakita mo na si Maxwell!"

"W-Will you please s-stop---"

"Ah nyeh nyeh nyeh nyeh nyeh!" pigil ko sa kaniya habang nagmemake-face pa! **"Hindi ka magugustohan ni Maxwell dahil ayaw non sa intrimitida! Magaling ka lang pumorma pero hindi ka maganda! Tandaan mo 'yan!"**

"Ha! Whatever!"

"Maka-arte..?? O s'ya! Bilisan mo na d'yan at baka nandon na si Lee!"

"Tulungan mo kasi ako!" sigaw niya pa at nginiwian ko na lang siya!

Mabilis ako'ng naglakad papalapit sa kaniya at inakay siya papunta sa kotse niya'ng galing pa sa talyer ng ilang linggo na!

"King ina kase---me pa-vintage vintage car ka pa! Karag karag naman! Aba e, mas tumagal pa sa talyer 'to kesa dito sa bahay ha!?" pasaring ko sa kaniya nung tuluyan siya'ng makaupo sa passenger's seat!

"Just drive safely!" sigaw niya at tinaasan ko lang siya ng kilay!

"Oh, eh, ang lagay e *'ako'* na lang ang magsasakay nung mga gamit dito sa kotse mo!? At ikaw paupo-upo na lang?!"

"Ha! Kunin mo lahat 'tong sugat at pilay ko---ako magbubuhat ng mga gamit natin dito!" galit na talaga'ng sigaw niya!

"Taray neto.. may monthly income?! Tse!" inis na singhal ko saka tinalikuran siya at muli'ng pumasok sa loob ng bahay upang kunin 'yong mga gamit na dadalhin namin.

Maya maya pa ay nasa daan na kami papunta sa hospital.

"Kumusta na kaya sila?" tanong ko pa habang tutok sa pagmamaneho.

"Sana ay okay na.." nakatingin sa labas na sagot naman ni Ate.

Napabuntong-hininga ako.

"Sana nga ay okay na si Tob, ang totoo ay mas nag-aalala ako sa kaniya ngayon kesa kay Max.. Kahit pa alam ko'ng bukod sa tama ni Max sa katawan ay may dapat pa siya'ng harapi'ng problema.." malungkot na dagdag ko pa.

Pagkarating namin sa ospital ay agad kami'ng sinalubong ni Lee. Tinulungan niya kaming dalhin 'yong mga gamit na dala namin tulad ng pagkain at kung anu-ano'ng magagaang bagay lang naman.

Binigyan ng wheel chair si Ate pagkapasok namin sa Lobby kaya naman itinulak ko na lang siya hanggang sa makarating kami sa floor nila.

"Punta muna tayo sa kila Max, bago kay Tob.." sabi ko pa kay Lee at mabilis naman siya'ng tumango.

"Tinawagan ko si Deib kanina bago ako pumunta dito pero hindi niya sinasagot ang cellphone niya. Nasaan kaya ang isang 'yon?"

"Malay ko! Kararating ko lang, 'di ba?!" inis pa'ng sagot ko sa kaniya at natawa naman siya sakin!

"Hahahaha! I was just asking, okay?" natatawa pa'ng sagot niya at sinimangutan ko na lang siya.

Pagharap namin sa station ng mga nurses sa floor na 'yon ay sinabihan na naman kami ng hindi pwede ang marami'ng tao kaya napasimangot ako lalo!

Kung bakit naman kasi hindi pa 'yong pinakabongga'ng room ang kinuha nila para kahit ilang bisita ay pwede! Nakakinis!

Limited hours lang tuloy ang stay namin!

Mabilis kaming pumunta sa room ni Max at pagkatok ko doon ay binuksan ko na muna para silipin!

"S-Sino'ng nand'yan?" dinig ko'ng bulong pa ni Ate.

"Nandito si Maxwell, 'wag kang mag-alala.." mataray na sagot ko sa kaniya at siniringan niya naman agad ako!

Binuksan ko ng malaki ang pinto at saka itinaas ang dalawa'ng kamay ko!

"Heeeellloooo!!" malakas na sigaw ko na ikinagulat ng lahat! Maliban kay Maxpein.

"Naih-Noona!" nakangiti'ng salubong agad sakin ni Maxrill at binigyan ko naman siya ng malaki'ng ngiti!

"Hi Maxrill!" bati ko sa kaniya at saka ako bumaling kay Maxwell! **"Oh, kumusta na? Okay ka na ba?"**

"Mmm, I'm okay, thanks." nakangiti'ng sagot ni Maxwell.

"Oh, may dalaw ka.. mas mukha nga lang malala kesa sayo, hehehe!" pang-aasar ko kay Ate! Itinulak ko lang ng bahagya ang wheel chair niya at saka ako pumunta kay Maxpein na nakahiga lang sa kama at deretso'ng nakatingin sakin!

Ano ba naman 'to! Hindi man lang matuwa at nagkita ulit kami!

"Hindi ka man lang ba maghe-hello sa'kin?!" inis na bungad ko kay Max! Ramdam ko naman ang pagsunod sakin ni Lee.

"Hi, Max!" bati ni Lee sa kaniya at saka pa lang siya ngumiti!

Ang sweet talaga'ng kaibigan nito!

"Oh!" pagbato ko sa kaniya no'ng stuffed toy niya! **"Dinala ko si Dugong mo!"** inis pa'ng dagdag ko at kinuha niya naman ang toy na 'yon at niyakap gamit ang isa'ng braso niya! **"Kumusta ang pakiramdam mo?"**

"Okay naman.." parang wala'ng gana pa'ng sagot niya.

"Where's Deib?" tanong naman ni Lee.

"Hinatid lang si Dean at Chairman Enrile, nagkabistuhan e.."

"Ha?! Ano'ng nagkabistuhan?!" gulat na tanong ko.

"Nalaman na nila'ng buntis si Dein---"

"Ano!?"

"Nalaman na nila'ng buntis si Dein.."

"W-What?!" hindi pa rin makapaniwala'ng tanong ko!

"Nalaman na nila'ng buntis si Dein.." pag-uulit niya.

Okay na nga siya.. Gan'yan na ang ugali e---okay na okay na 'yan!

"A-Ano'ng sabi ng family niya?!"

"Nagalit, syempre.. Disappointed daw sila.."

"Grabe.." napapailing pa'ng sabi ko.

"Nasan sila Dein at Randall ngayon?" sabat ni Lee.

"Ewan ko, nandon siguro sa kwarto nila.."

"Bakit hindi mo alam?!" inis na tanong ko.

"Umalis kami para makapag-usap sila.."

"Ganon ba? Tsk tsk! Nakakagulat naman kasi talaga 'yon! Buti na lang kamo't wala'ng nangyari kay Dein nung gabi'ng 'yon!" nanlalaki pa ang mga mata'ng sabi ko.

"Si Michiko, nandon siya kay Tob ngayon.."

Nanlaki ang mga mata ko'ng napatitig kay Maxpein!

"H-Hindi nga?!" tanong ko pa.

"Mmm.. umiiyak nga e.."

"A-Ano na?! Kumusta na si Tob??" nag-aalala'ng tanong ni Lee.

"Hindi pa rin siya gumising.."

"Tsk.." si Lee. Napalingon ako sa kaniya at kita'ng kita ko ang pag-aalala sa mukha niya. Hinawakan ko ang braso niya at tumingin naman siya sa'kin. **"B-Bakit naman kasi kailangang si Tob pa e.."**

"So, kelangan ikaw?!" inis na tanong ko sa kaniya at iniiwas naman niya sa'kin ang paningin niya. **"Sweetheart, 'wag mo na kasi sabi'ng sisihin ang sarili mo kasi.. w-wala naman tayo pare-pareho'ng kasalanan 'don! Kung meron ma'ng may kasalanan 'don ay sila Choco 'yon!"**

"Pero k-kung hindi ko inalis ang paningin ko sa kaniya ay h-hindi sana mangyayari 'yon.." dagdag pa ni Lee.

Sinisisi niya ang sarili niya sa nangyari kay Tob!

Naguiguilty siya dahil sa aming lahat daw ay siya ang pinakawala'ng pakinabang!

"S-Sweetie naman e.." nakanguso'ng tawag ko pa sa kaniya pero ayon na naman 'yon malungkot na mukha niya.

Ilang beses na naming napag-usapan ni Lee ang tungkol sa bagay na 'to pero paulit-ulit ang sinasabi niya.

Paulit-ulit niya'ng sinisisi ang sarili niya sa nangyari kay Tob.

"Puntahan natin siya ah?" para'ng bata'ng pakiusap pa ni Lee sakin at pilit ang ngiti'ng tinanguan ko naman siya.

"S-Syempre naman.." sagot ko sa kaniya at saka ako ngumiti kay Max. **"Samahan mo kami.."**

"Kayo na lang.." wala'ng gana'ng sagot ni Max.

"Bakit naman?!" tanong ko.

"H-Hindi ako okay sa family niya e.."

"Ha? B-Bakit?!"

"A-Ako yata ang sinisisi nila sa nangyari kay Tob.." pormal munit bakas ang lungkot na sagot ni Max at natigilan naman ako.

Hindi siya nakatingin sa'kin at nakatingin lang siya kay Dugong.

Parang hinaplos naman ang dibdib ko ng 'di ko maipaliwanag ang dahilan.

"K-Kumusta naman ang pakiramdam mo pala?" pag-iiba ko ng usapan at iniangat niya naman sa'kin ang paningin niya.

"Okay naman, naoperahan na ko.." kwento niya pa na isinenyas pa ang parte'ng 'yon ng tama niya. **"Pero kailangan ko pa ri'ng magstay dito hanggang sa gumaling daw---"**

"Aba, oo naman, ano! H'wag mo sabihin saki'ng may balak ka'ng umuwi---Maxpein?!"

"Syempre naman.."

"Psh! Oo, makakauwi ka pero---kapag magaling na magaling ka na! Iyong tipo'ng doble na nung grupo'ng 'yon ang mabubugbog mo! At 'yong tipo'ng ilang linggo'ng pahinga talaga!"

"Tss.. baka peklat na ang tahi ko non?!" inis na singhal niya. **"Hindi ako gagaling dito.."**

"Ano?!"

"Ayoko dito.. hindi ko gusto ang amoy ng ospital.."

"Pero hindi ka pwede'ng umalis dito!"

"Pwede, kung gugustohin ko---"

"Wag nga'ng matigas ang ulo mo?!"

"Tss.."

~KNOCK! KNOCK!~

Sabay sabay kami'ng napalingon sa pinto dahil sa malakas na katok na 'yon at gulat ako'ng napatingin sa pinto no'ng makita ko'ng pumasok si Heurt doon!

Mabilis kami'ng napaayos sa pagkakatayo ni Lee at humarap pa sa kaniya hanggang sa tuluyan siya'ng makapasok.

"A-Ah, h-hindi niyo sinabi sa'kin na may p-paparating pala kayo'ng bisita? Sana pala ay mas dinamihan ko pa ang pagkai'ng binili ko.." pauna'ng usal ni Heurt at napangiti naman agad ako.

"Nako, Tita, h'wag na po kayo'ng mag-abala.. kumain na po kami bago pumunta dito at nagdala rin po kami ng pagkain para sa anak ninyo.. Busog na busog naman po ako at ito'ng kasama ko.." sensyas ko pa kay Lee. **"E 'yan naman po'ng isa'ng 'yan e hindi na pwede'ng kumain kasi hinihintay niya pa'ng mautot siya, hehehe! Humalo po yata sa katawan niya ang anesthesia kaya nagkaluko-loko ang sistema, hehehehe!"** pang-aasar ko pa kay Ate.

Napatitig naman sakin si Heurt at saka ngumiti!

Stop me.. Mag-Nanay nga sila!

Gulat pa ako'ng napatingin kay Maxpein pero tinignan niya lang ako!

Gusto ko'ng matawa sa kanila pero sadya'ng hindi tama ang oras na 'to para pagtawanan siya dahil ngayon ko lang makikilala ang Nanay niya!

"A-Ako nga po pala si Zarnaih Marchessa, Naih for short po.. Kaibigan po ako ni Maxpein.." pakilala ko at mabilis namang lumapit

sakin si Heurt at nakipagkamay. **"Eto naman po si Lee, b-boyfriend ko, hehehehe!"** pakilala ko naman kay Lee.

"Nice meeting you po.." si Lee.

"Nice meeting you.." si Heurt.

At saka ko itinuro si Ate.

"Kapatid ko naman po ang isa'ng 'yon.." turo ko pa at nilingon naman ni Heurt si Ate.

"Hello po, Tita! Zaimin Yaz Marchessa po, *ganda* for short!" si Ate.

Siniringan ko naman siya.

"A-Ang babait naman pala ng mga k-kaibigan ni Maxpein.." sabi pa ni Heurt.

"Aba, opo! Lalo na po ako! Hindi ko po talaga pinabayaan 'yan! Ako ang taga-luto niya at taga-gising! Taga-silbi at tagaligtas kapag tinatamad siya'ng makipag-away!" nakangiti'ng kwento ko pa at natawa naman si Heurt! **"Hehehehehe! Pasensya na po kayo, ganito lang po talaga ako kakwela magpakilala.."**

"Ayos lang.." natatawa pa ri'ng sagot ni Heurt.

"Tss.. gan'yan rin siya'ng manumbat.." sabat ni Max at taas-kilay namang nilingon ko siya!

Sandali pa kami'ng nagkwentuhan nila Heurt habang kumakain naman si Max, Maxwell, Maxrill at Rhumzell. Nakipagkwentuhan ako kay Heurt at syempre, ako lang ang dada ng dada at puro ngiti't tawa lang ang isinasagot niya.

MAX'S POV

Isang oras mahigit na nagstay dito sa kwarto sila Naih at Lee bago sila tuluya'ng pumunta sa kwarto ni Tob.

Si Heurt naman ay umuwi na muna.

Naiwan kami ng mga kapatid ko kasama sina Yaz at Rhumzell.

Nanonood ako ng TV habang sina Yaz at Maxwell ay abala sa pag-uusap. Naririnig ko sila pero hindi ko sila pinapansin.

Ang tagal naman ni Sensui?

Akala ko ba ay maghahatid lang siya? D'yan lang ang bahay niya ah?!

Tumayo ako mula sa pagkakahiga sa kama ko.

"Where are you going?" si Maxwell. Mabilis siya'ng nakatayo mula sa pagkakaupo sa kabila'ng sofa na mas malapit sa kama ko. Katabi niya si Yaz na sa wheelchair naman nakaupo.

"Gusto ko'ng maglakad-lakad.." sabi ko pa na tuluya'ng umalis sa kama.

"Pero--"

"Okay lang ako.." pigil ko sa nagbabadya'ng pag-aalala niya. **"Dito lang rin naman ako sa ospital kaya 'wag kang mag-alala.."**

"Sasamahan na kita.."

"Hindi na.." tanggi ko pa at saka kinuha ang stand ng dextrose ko at pinagulong 'yon. Hinugot ko ang cellphone ko'ng ngayon ko lang naicharge dahil ngayon lang nadala ni Naih ang charger ng cellphone.

"Baka kung mapano ka e.." nag-aalala talaga'ng pigil pa sakin ni Maxwell at nginusuan ko naman siya.

"Tss.. d'yan lang ako sa hallway maglalakad!"

"Baka mapagod ka---"

"Hindi naman ako tatakbo, maglalakad lang ako."

"Ang tigas naman ng ulo mo e.."

"Tss, d'yan ka na lang muna, simulan mo ng manligaw.." nakangisi'ng pang-aasar ko sa kaniya at saka ako nagtuloy sa paglalakad papalabas ng kwarto.

Pero bago pa man ako makalabas ay napahinto na ako dahil kakatok naman sana si Randall sa pinto'ng 'yon munit nabuksan ko.

Nagtama ang paningin namin at siya ang nauna'ng ngumiti.

"Mmm, susunduin ko lang si Rhumzell.." nakangiti'ng bungad niya pa.

Tumango naman ako at saka mas nilawakan ang pagkakabukas ng pinto dahilan para tumambad ang kapatid niya sa kaniya.

"Rhumzell, nandito ang Kuya mo.." tawag ko pa dito.

"Rhumzell, hinahanap ka na ni Mommy.." sabi pa ni Randall sa kapatid. Nakasimangot nama'ng tumayo si Rhumzell habang nakatingin pa rin sa TV. **"Pumunta ka na kay Mommy at uuwi na kayo, hindi ka pa nakakapagpahinga, may pasok ka na bukas."**

"But, Kuya, you're not okay yet." animo'ng malaki'ng tao'ng sagot ni Rhumzell sa kaniya at napangiti naman si Randall sa kaniya.

"Ate Dein's here to look after me. You should go home with Mom and take care of her."

"What about you?"

"Ate Dein will take care of me, okay?"

"You're not allowed to stay in one room.. alone, Kuya.."

Daig pa siya ng bata..

Hindi nakasagot si Randall sa kapatid at napapahiya'ng nilingon pa si Maxwell na nakatingin na sa kaniya.

"Tsk tsk tsk.." iling na pang-aasar pa ni Maxwell kay Randall.

"Tsh.." singhal ni Randall kay Maxwell at saka muli'ng bumaling sa kapatid. **"Sige na, it's getting late. May pasok ka pa bukas, hindi ka pwede'ng magstay ng matagal dito sa Hospital dahil baka kung ano'ng sakit ang makuha mo.."**

"Pero---"

"Sige na, Rhumzell.. Pwede mo naman ulit ako'ng sunduin dito kapag pauwi na ko."

"Magpagaling ka agad para makauwi ka na agad!"

"Yes, Boss!" biro pa ni Randall sa kapatid. Lumapit si Rhumzell sa pisngi ni Randall at saka humalik.

"Okay then, I'll go first, Kuya." paalam ni Rhumzell sa kapatid at saka nagbigay-pansin sa ami'ng lahat. **"I'm going home na..po."** paalam ni Rhumzell kila Maxwell at natawa naman si Yaz sa kaniya. Saka naman bumaling 'to kay Maxrill na nakangiti na rin sa kaniya. **"Thanks for your time and thanks for taking care of me, Maxrill.."** animo'ng malaki na talaga'ng pasasalamat nito kay Maxrill. At saka 'to bumaling sakin at ngumiti. **"Get well soon, okay? I'll see you again next time!"**

"Mmm, I'll see you.. Thanks!" nakangiti'ng paalam ko at tumango lang siya saka naglakad papalabas.

Ngingiti-ngiti naman ako'ng sinundan siya ng tingin papasok sa kwarto ni Randall na makalampas lang sa kwarto ni Maxwell.

Iniatras ni Randall ang wheelchair niya at taka naman siya'ng napatingin sa'kin no'ng lumabas ako mula sa kwarto ko.

"Where are you going?" taka'ng tanong niya pa.

"Dito lang, maglalakad.."

"Ha?"

"Mmm, nakakatamad humiga ng humiga 'don. Masiyado'ng malambot ang kama, pakiramdam ko nasa kumunoy ako." natatawa pa kunwari'ng sagot ko.

"S-Samahan na kita, okay lang?" tanong niya at naibaba ko naman ang paningin ko sa kaniya.

Nakita ko naman ang pagiging sinsero sa mga mata niya kaya naman tumango na lang ako.

Nasa kaliwa'ng parte ko ang ICU Room kung nasaan si Tob kaya naman sa kana'ng parte kami tumungo. May natanaw naman agad ako'ng mga bench na nasa dulo ng hallway na 'yon.

"Kumusta ang pakiramdam mo?" tanong niya pa at tumango naman agad ako kahit hindi kami nakatingin sa isa't isa.

"Okay naman na, wala ako'ng maramdama'ng sakit maski isa.."

"Hahahaha! Same old, Maxpein.. Matibay.."

"Tss.."

"Hindi ko akalai'ng ganon na kalaki ang improvements mo, nag-aaral ka pa rin ba ng Martial Arts kay Mokz?"

"Nope, matagal na 'kong huminto.."

"Ahh talaga? Nice. Dapat pala talaga ako'ng bumilib kung ganon? Sa tagal mo ng wala'ng practice ay nakuha mo pa'ng mag-improve.." papuri niya at hindi na lang ako kumibo.

Dahan dahan ako'ng maglakad kaya naman naging dahan dahan rin ang pagpapatakbo niya ng wheel chair niya.

"O-Okay na kami ni Dein sa parents niya pero.." napahinto siya sa pagkukwento kaya naman nilingon ko siya. **".. sa Lolo niya at sa Chairman nila ay mukhang hindi pa.."**

"Bakit naman?"

"H-Hindi nila matanggap, m-masiyado pa daw maaga.." napapahiya'ng sagot niya.

"Mmm, may point naman sila."

"Oo nga. Naiintindihan ko naman 'yon e, h-hindi ko lang talaga maiwasa'ng malungkot.."

"Don't worry, mas maigi ng malungkot sa simula kesa malungkot sa huli.."

"Yeah right.." nakangiti'ng sabi niya pa.

Hindi na ulit kami nagkibuan hanggang sa marating namin ang bench na 'yon na nasa dulo.

Nakaharap ang mga bench sa malaki'ng bintana'ng yon na nasa dulo ng hallway, kaya naman nakatalikod kami'ng pareho sa hallway.

Naupo ako sa isa sa mga bench at pangalawa 'yon mula sa dulo. Kaya naman no'ng tumabi siya sakin ay may isa'ng bench pa rin sa pagitan namin.

"H-Hindi ko alam kung tama ba 'tong nararamdaman ko pero.. masaya ako.." dagdag niya at hindi naman ako kumibo. **"Pakiramdam ko.. ito na ata ang pinakamasaya'ng nangyari sa buhay ko.."** masaya

talaga'ng kwento niya. Hindi ko man siya lingunin ay nakikita ko siya sa gilid ng paningin ko. **"Excited na ko'ng maging Daddy.."**

"Daddy ka na.." sagot ko.

"Yeah, soon.. Hehehe!"

"Tss, Daddy ka na talaga. Buntis na siya e. Lalabas na ang baby, soon." pagpapaliwanag ko pa sa kaniya at natawa naman agad siya.

"A-Are you happy for me?" bigla'ng tanong niya at taka naman ako'ng nilingon siya at nagtama ang paningin namin.

Hindi agad ako nakasagot at nanatili naman kami'ng nakatingin sa isa't isa.

Saglit pa lang ang titigan nami'ng 'yon pero pakiramdam ko ay napakatagal na kaya naman ako ang kusa'ng umalis mula sa pagkakatitig sa kaniya.

"Wala ako'ng makita'ng dahilan para hindi maging masaya para sayo.." sagot ko habang nakatingin pa sa labas ng bintana.

Pinanood ko ang mga puno'ng sumayaw kasabay ng hangin.

"I-Ibig kong sabihin.. m-matapos no'ng mga nalaman mo.. Sa tingin mo ba ay m-magiging masaya ka pa para sa'kin?" paglilinaw niya at muli na naman ako'ng napalingon sa kaniya at muli ri'ng nagtama ang paningin namin.

Alam ko kung ano'ng tinutukoy niya at aminado ako'ng hindi ko 'yon naintindihan agad.

Napayuko ako sa kamay ko at saka nilaro laro ang mga daliri ko.

"H-Hindi ko alam.." naisagot ko lang at ramdam ko'ng natigilan siya. Iniangat ko ang paningin ko at saka muli'ng tumingin sa ulap na padilim na rin dahil hapon na. **"H-Hindi ko alam kung makukuha ko pa'ng maging masaya kung lahat 'yan ay nasa isip ko na.."**

"P-Pein.."

"Pero hindi naman pwede'ng hindi ako magiging masaya para sayo dahil sa nalaman ko."

"G-Galit ka ba sa Daddy ko?" bigla'ng tanong niya at talaga namang natigilan ako.

Napaisip ako at ramdam ko'ng ilang beses rin ang naging pagbuntong-hininga ko. Kung anu-ano'ng tanong ang pumasok sa isip ko pero hindi kaya'ng sambitin ng bibig ko.

"K-Kung galit ka sa kaniya ay maiintindihan ko.. K-Kasalanan niya naman talaga 'yon.." para'ng napapahiya'ng dagdag pa ni Randall.

"S-Siguro, oo nga.." sagot ko at nakinig naman siya. **"Siguro nga ay galit ako ngayon sa Daddy mo.."** kunwari'ng napangiti pa ako sa kawalan. **"Ang totoo.. o-okay lang sa'kin kahit na malaman ko'ng ginawa niya 'yon sa Nanay ko.. P-Pero sa t'wing maiisip ko'ng.. kung anu-ano'ng pinagdaanan ko sa mura'ng edad ko'ng 'to ng dahil 'don sa ginawa'ng 'yon ng Daddy mo---hindi ko maiwasan ang magalit.."** salubo'ng ang mga kilay na sagot ko.

"I-I'm sorry, Pein."

"You don't have to say sorry.. Kung ano'ng kasalanan niya ay wala ka'ng kinalaman---"

"I know, but he's no longer here para makapagsorry sayo.."

Napabuntong-hininga na lang ako at hindi na nagsalita.

Muli'ng nangibabaw ang katahimikan sa pagitan namin at siya pa rin ang bumasak sa katahimika'ng 'yon.

"K-Kung.. magiging babae ang anak ko.." panimula niya at nawala naman ang bahagya'ng ngiti sa mukha ko at nilingon ko siya. Tumingin rin siya sa'kin at saka ngumiti. **"Okay lang ba'ng ipangalan ko sayo?"**

Ramdam ko ang bahagya'ng panlalaki ng mga mata ko at pagsalubo'ng ng mga kilay ko habang nakatingin sa kaniya.

Hindi agad ako nakasagot!

Mukha'ng naramdaman naman niya ang pagkabigla ko kaya naman agad niya ako'ng nginitian.

"Gusto ko rin ng Unique name, something that will standout.. Will admire by many.." nakangiti'ng paliwanag niya pa habang nakatingin sa'kin. **"Cool ang name na Maxpein, hehehehe! Pangalan pa lang, astigin na.. Sana maging babae rin ang anak ko.."**

"Tss, andami rami'ng pangalan bakit Maxpein pa..?" dismayado kunwari'ng tanong ko.

"Dahil gusto ko'ng magkaron pa rin ng alaala sa'yo.."

Gulat lalo ako'ng napatingin sa kaniya at mas hindi ako nakapagsalita.

Nalilito ako.

Hindi ko maintindihan ang nakikita ko sa mga mata niya.

Hindi na 'to tulad nong mga nakaraan na para'ng naghahabol siya,

Sa ngayon.. wala ako'ng iba'ng makita sa mga mata niya kung hindi tuwa't saya..

"Bakit mo isusunod sa kaniya ang pangalan ng anak mo kung pwede nama'ng sa Nanay na lang niya?!"

Gulat kami'ng napalingon sa likuran namin at gulat lalo kami'ng makita si Sensui'ng nakatayo doon at masama ang tingin sa kaniya!

OceanofPDF.com

CHAPTER 158

DEIB'S POV a

Gulat na napatayo si Taguro nang makita ako'ng nasa likuran nila.

Hindi ko mapigilan ang sarili ko'ng ipakita sa kaniya ang inis ko.

Tch! Kahit kailan.. tsk tsk tsk!

"N-Nakabalik ka na pala.." mahina'ng sabi pa ni Taguro at hindi ko naman inalis ang tingin ko sa kaniya. **"N-Nag-uusap lang kami---"**

"Narinig ko.." pigil ko sa sinasabi niya at saka ako inis na tumingin kay Randall na nakalingon pa rin sakin.

Tinignan ko siya ng deretso at bahagya'ng natawa naman siya at saka tuluya'ng iniharap sa'kin ang wheelchair na siya'ng kinauupuan niya.

"Hangga'ng ngayon ba naman ay nagseselos ka pa rin sa'kin?" natatawa'ng tanong pa ni Randall at hindi naman ako sumagot, nanatili lang ako'ng nakatingin sa kaniya. **"Okay, I'm sorry.. pero totoo 'yung sinabi ko, gusto ko'ng ipangalan kay Maxpein ang baby---"**

"Tumigil ka na.." pormal na pigil ko sa kaniya.

"Deib, h-hindi mo kailanga'ng magselos.. magkaka-baby na kami ng Ate mo.." kunwari'ng natatawa'ng dagdag niya at kunwari ri'ng nakitawa pa ako sa kaniya.

"Kung ganon rin lang kadali'ng pigilan ang pagseselos.. hindi ko na hahayaa'ng magmukha'ng tanga pa 'ko ng ganito sa harap niyo.." bigla'ng pormal na tugon ko at saka nilingon si Taguro na bakas ang pag-aalala sa mukha.

Binigyan ko lang siya ng blangko'ng tingin at saka ko sila tinalikuran.

Mabigat ang loob na naglakad ako papalayo sa kanila.

"D-Deib.." dinig ko'ng tawag sakin ni Taguro. Ramdam ko ang pagsunod niya dahil sa ingay ng bakal na 'yon na siya'ng pinagsasabitan ng dextrose niya, munit hindi ko na siya nilingon at nagtuloy na lang ako. **"D-Deib.."** pigil niya sa'kin na nagmadaling magpauna.

Tinignan ko lang siya ng deretso sa mga mata at ramdam ko ang pagkablangko ng mukha ko.

Hindi ako nagsalita at bumuntong-hininga lang ako.

"I-I'm sorry.." mahina'ng usal niya at humawak sa braso ko. **"H-Hindi ko naman alam na sasabihin niya 'yon e.."**

"Ayos lang.." sagot ko at saka binigyan siya ng pilit na ngiti.

"D-Deib.."

"Okay lang.." mas malawak na pilit na ngiti ang ibinigay ko sa kaniya at saka ko hinawakan ang bakal na 'yon na hila hila niya. **"Ako na ang magdadala nito, ihahatid na kita sa kwarto mo.."** sabi ko pa at saka bahagya'ng hinila 'to at nagsimula'ng maglakad ulit.

"H-Hindi ka okay e.."

Huminto ako sa paglalakad pero hindi ako tumingin sa kaniya. Itinuon ko ang paningin ko sa dulo'ng 'yon ng hallway na kinatatayuan ko.

"S-Sorry na.." dagdag niya pa at saka ko lang siya tinignan.

"Bakit ka magsosorry?" seryoso'ng tanong ko at napaisip naman siya. Kaya muli'ng iniiwas ko na lang ang paningin ko sa kaniya. **"Magpahinga ka na lang.."**

"Hindi ako magpapahinga hangga't hindi ka okay.."

"Okay lang ako---"

"Hinde.." pigil niya sakin at bumuntong-hininga na lang ako.

Pakiramdam ko ay naninikip ang dibdib ko pero pinipigilan ko.

Ayokong magmukha'ng mali na naman ang nararamdaman ko sa paningin niya.

Ayokong isipin niya'ng wala sa lugar ang nararamdaman ko..

Ayokong isumbat niya'ng wala ako'ng dapat pagselosan kahit na hindi ko alam kung anong gagawin ko dahil kusa ko 'tong nararamdaman..

"S-Sorry na.." pakiusap na naman niya at tumango lang ako.

"Okay lang.." pilit pa rin ang ngiti'ng sagot ko at mukha'ng wala na siya'ng magawa.

Nagsimula ako'ng maglakad at sumunod naman agad siya sakin.

Nakarating kami sa kwarto niya ng 'di nag-uusap.

Mommy..

Gulat ako'ng makita si Mom at Dad sa kwarto ni Taguro pagbalik namin.

Magkakrus ang kamay ni Mommy at bakas sa mukha niya ang paghihintay. Hindi siya nagsalita at blangko ang mukha'ng nagpalipat lipat lamang siya ng tingin samin ni Taguro.

Napatingin pa muna ako kay Dad at saka ko iginala ang paningin ko.

Nandoon pa rin sina Maxrill, Maxwell at Yaz.

"Kanina ka pa hinihintay ng parents mo." sabi pa sakin ni Maxwell na kinuha ang hawak ko'ng bakal at inalalayan si Taguro'ng maupo sa kama niya.

"How are you?" seryoso'ng tanong ni Mommy kay Taguro kaya naman medyo nanibago ako.

"Okay naman ho.. Salamat.." pilit ang ngiti'ng tugon ni Taguro. Ngumiti si Mommy sa kaniya at saka humawak sa balikat niya.

"Magpagaling ka, okay?"

"S-Salamat, Mrs. Enrile.." sagot ni Taguro at ngumiti lang si Mommy sa kaniya.

Masiyado naman yata'ng seryoso si Mommy?

Napatingin ako kay Noona at naalala ko na ang nangyari kanina.

Siguro ay hindi pa rin siya okay dahil 'don..

Ako mismo ay hindi kumbinsido sa naisip ko!

May nararamdaman ako'ng iba..

"Uuwi na kami, sumabay ka na." utos pa ni Mom sakin kaya naman nanlaki ang mga mata ko.

"P-Pero Mommy, gusto ko pa'ng bantayan si T-Taguro.." nakanguso'ng tugon ko.

"May pasok ka pa bukas, Deib."

Natigilan ako.

"M-Mommy, dito muna ako.." pagmamatigas ko at napabuntong-hininga naman si Mommy at saka muli'ng lumingon kay Taguro.

"Hindi ba makakaabala sa'yo kung dito muna siya?" tanong ni Mommy kay Taguro na mabilis na umiling sa kaniya.

"Ayos lang ho."

"Mmm.." tumango lang si Mommy sa kaniya at saka muli'ng tumingin sakin. **"Umuwi ka bago magdilim---"**

"Dito ako matutulog, Mommy.." pagmamatigas ko at gulat siya'ng napatingin sakin.

"Deib Lohr.." tawag sakin ni Dad at nginusuan ko naman agad siya.

"May pasok ka pa bukas." si Mommy.

A-Ano ba'ng nangyayari sa kanila?! E ano naman kung may pasok ako bukas?! Babantayan ko ang girlfriend ko!

"S-Sige na, Deib.. Ayos lang naman ako e, marami rin naman ako'ng kasama dito.." sabat ni Taguro at inis naman ako'ng tiningnan siya pero hindi ko siya sinagot.

Muli ako'ng tumingin kay Mommy at binigyan siya ng nakikiusap na tingin.

"Dito muna ako, Mommy. Papasok na lang ako k-kapag okay na si Taguro.."

"Pero, Deib?!"

"M-Mom, please??" pakiusap ko pa.

"Hindi pwede."

"Mommy.."

"I said---hindi pwede.."

"Tsk.. si Tob, hindi pa gumigising! Si Taguro, hindi pa rin magaling! Pa'no 'ko makakapagfocus kay Miss Agaser kung sila ang iniisip ko!?" nakanguso'ng tugon ko at napabuntong-hininga naman ng mabigat si Mommy! **"M-Mom, please? H-Hindi naman ako aabsent ng isa'ng buwan---"**

"Okay! Okay!" halata'ng nagpipigil ng inis na sagot ni Mommy at binigyan ko naman siya ng makamandag na ngiti!

"I love you, Mom!" sigaw ko pa.

"Pero uuwi ka bukas---at papasok ka sa Tuesday--"

"Mom---"

"Period!" pigil niya pa sa'kin at napanguso na lang ako.

"Sana malinaw ang usapan ninyo ng Mommy mo, Deib Lohr.." sabat ni Dad at nilingon ko naman siya. **"Papasok ka sa Tuesday, okay?"**

"Y-Yes, Dad.."

"Mauna na kami.." sabi pa ni Dad at saka bumaling kay Taguro. **"Magpagaling ka agad, hija.. Para makapasok ka na rin.."**

"Salamat ho, Mr. Enrile."

"Mauna na kami.."

"Ingat ho.."

"Get well soon, Maxi.." dagdag pa ni Mommy at saka tinalikuran siya.

Naninibago ako sa kilos ni Mommy.

Sana nga ay dahil lang 'yon sa nalaman nila tungkol kay Noona..

Napatingin pa muna ako kay Taguro at saka lumapit sa kaniya.

"Ihahatid ko na muna sila.." paalam ko kay Taguro.

"S-Sige.."

"Mag-uusap pa tayo.." sabi ko pa na dinuro siya ng bahagya sa mukha na nakangiwi'ng inilagan niya pa.

"Sige."

"Magpahinga ka muna d'yan.." sabi ko at saka iniabot sa kaniya ang paperbag na dala ko.

"A-Ano 'to?"

"Tignan mo para malaman mo.. Tch!" sabi ko pa at saka inis na tinalikuran siya.

Nagmadali ako'ng sumunod kila Mom at Dad, sa elevator ko sila naabutan.

Taka pa sila'ng nilingon ako at ngumiti naman ako aga sa kanila.

"Ihahatid ko lang po kayo.." nakangiti'ng sabi ko pa.

"May dala kami'ng sasakyan.." sagot ni Daddy.

"Bumalik ka na kay Maxi.." si Mom.

"K-Kahit d'yan lang po sa baba, Mom.."

"Hindi na, sige na.. Ayos lang kami." sabi pa ni Mommy at napanguso naman ako sa kaniya.

"G-Galit ka ba sa'kin, Mommy?" nakanguso at salubo'ng ang kilay na tanong ko at natigilan naman siya.

Pati si Daddy ay taka'ng napalingon sa'kin!

Hindi agad nakasagot si Mommy at nanatili lang kaming nakatingin sa isa't isa.

Binigyan ko siya ng nagtatampo'ng tingin!

"D-Deib, anak, hindi.." malambing pa'ng sagot ni Mommy.

"Tch! Hindi mo nga ako tinatawag na *baby* e!" nagtatampo kunwari'ng sagot ko at bahagya naman siya'ng natawa. **"Tapos.. si T-Taguro, p-pinayagan mo'ng tawagin ka ng *Mrs. Enrile*! E hindi ba't ayaw mo'ng tinatawag ka niya ng ganon? M-May problema ba, Mom??"** nag-aalala'ng tanong ko at napabuntong-hininga naman siya habang nakangiti pa rin.

"S-Sige na, ihatid mo na kami sa baba.." sabi niya pa at saka inakay ako papasok sa elevator.

Habang nasa elevator ay pinakikiramdaman ko pa rin si Mommy.

Hanggang sa makababa kami at umabot sa kotse ni Daddy.

"Mom, are you okay?" nag-aalala'ng tanong ko sa kaniya.

Umakbay naman si Daddy kay Mommy at hinimas himas pa ang balikat nito.

"She's okay, hindi niya pa lang talaga nadadigest 'yong nalaman niya. Ikaw man sa posisyon namin, Deib---mahirap.. Mahirap tanggapin agad agad.." sabat ni Dad at natigilan ako at napayuko.

Yung kay Noona pa rin nga.. pero b-bakit kailangang madamay pati kami ni Taguro?!

"Umuwi ka tomorrow morning, okay?" si Mommy.

"M-Mom, sa hapon na lang po---"

"Deib, umuwi ka sa morning. Pinayagan na nga kita'ng magstay dito ngayon, okay?"

"M-Mom--"

"Please, baby?? Please *'listen'* to me.."

Natigilan ako at iniiwas ang paningin sa kanila.

Pakiramdam ko ay alam ko na ang nangyayari kay Mommy.

"M-Mom, wala ka ba'ng tiwala sakin?" deretso'ng tanong ko na agad na ikinabigla nila. **"K-Kung natatakot kayo'ng baka madisappoint ko rin kayo.. please, I'm begging you to trust me."**

"Deib, don't say that." pormal na tugon sakin ni Mom at napailing naman agad ako.

"K-Kasi parang pakiramdam ko ay pati ako may kasalanan. Parang umiiwas kayo sakin---lalo na kay Taguro. M-Mommy, parang may nagbago e.."

"Dahil tama ang Daddy mo, okay lang talaga ako pero meron pa rin sa loob loob ko ang umiiyak, ang hindi makapaniwala, ang nagulat at nasasaktan.."

"P-Pero Mommy, h-hindi naman porket nangyari 'yon kay Noona ay mangyayari rin sakin?? W-Wala ba kayo'ng tiwala sakin?"

"Nagtiwala rin kami sa Ate mo, pero ang nangyari ay ganito.." sabat ni Daddy at napailing naman ako sa inis. **"'Wag mo'ng kwestiyonin ang tiwala namin sa'yo dahil meron at meron kami'ng tiwala sa'yo.. hindi mo nga lang talaga maiaalis sa'min ang mag-alala, dahil anak namin kayo."**

"Baby, believe me.. I trust you.. Nagtitiwala ako sa'yo.. Pero hindi mo ko masisisi kung bakit maging ganito ako.. dahil nung nagtiwala ako sa Ate mo pero nangyari pa rin 'to. Hindi sa wala ako'ng tiwala sa'yo---nag-iingat lang ako." mahinaho'ng paliwanag ni Mommy at saka bumaling kay Dad. **"Let's go, I'm tired.."** sabi niya pa kay Dad na mabilis na pinagbuksan siya ng pinto. Muli namang bumaling sakin si Mommy at yumakap. **"I'll see you tomorrow morning, okay? Be safe. I love you."** sabi niya pa at saka humalik sa pisngi ko.

"We'll go now, take care, son." sabi pa ni Daddy na kumaway at saka sumakay sa kotse niya.

Bagsak ang mga balikat nama'ng pinanood ko sila'ng palayo.

MAXWELL'S POV

Nanatili kami sa kwarto ni Pein kahit pa sinasabihan na kami ng mga nurses na bawal magstay ng matagal sa room na 'yon nang ganoon karami'ng tao.

Lumapit ako kay Pein para icheck ang lagay niya.

"Kumusta ang pakiramdam mo?" tanong ko.

"Tss.. paulit-ulit ang tanong mo, hindi naman nagbabago ang lagay ko."

Tsk tsk.

"How are you feeling?" tanong ko pa rin at saka chineck ang dextrose niya. **"Paubos na 'to, maya maya lang ay papalitan na."**

"Ang bilis namang maubos niyan?!" salubo'ng pa ang kilay na tanong niya.

"May gamot 'yan.."

"Tss.."

"Kumusta ang pakiramdam mo?"

"Okay nga lang.."

"Wala na ba'ng masakit sa'yo?"

"Wala na." tipid na sagot niya at napatingin sa gilid niya kaya naman napatingin rin ako 'don.

Lumapit si Dein sa'min at nakangiti na agad siya.

"How are you, Maxpein?" si Dein. Bumuntong-hininga naman agad si Pein.

"I'm okay, thanks." tatangu-tango'ng sagot lang ni Pein sa kaniya.

"I'm glad to hear that." nakangiti'ng sagot pa ni Dein at saka bumuntong-hininga at muli'ng ngumiti sa kaniya. **"I forgot to say thank you don sa nangyari nung nakaraan.. s-salamat kasi hindi mo kami pinabayaan."** sinsero'ng dagdag pa ni Dein, ngumiti naman si Pein sa kaniya at saka tinignan ang prutas na binabalatan niya.

"Kahit naman sino'ng nasa posisyon ko ay gagawin 'yon, pero.. walang anuman.."

"Mmm.." nakangiti'ng napakamot na lang si Dein sa ulo sa isinagot ng kapatid ko. Nakinig lang ako sa kanila habang nagpapapalit-palit ang tingin ko sa kanila'ng dalawa. **"M-Masiyado'ng mabilis ang mga pangyayari at**

masiyado'ng marami'ng nangyari.. But I want you to know that I'm really thankful.. H-Hindi ako sigurado kung.. kung iba'ng tao ang nasa position mo nung time na 'yon ay meron siya'ng lakas ng loob gaya ng sa'yo.. I admire you for what you did, salamat talaga.."

"Tss, lumalaki ang ulo ko.."

"Psh. Pero hindi 'yon ang intensyon ko, hahaha.."

"Yeah right."

"P-Pero.. s-salamat talaga.. Kasi kung may nangyari sa'kin 'don.. h-hindi ko alam kung anong gagawin ko, lalo na kapag may nangyari'ng masama sa baby ko.."

"Congrats nga pala.." sinsero'ng bati ni Pein sa kaniya.

"Mmm, salamat.." bakas ang tuwa't saya'ng sagot naman ni Dein sa kaniya.

Tumayo ako mula sa pagkakaupo sa kama ni Pein at don ko napansin si Yaz na nakatingin na rin sakin.

~PLOK!~

"A-Ayy.." naiusal pa ni Yaz nung mahulog ang bote ng tubig na hawak niya.

Mabilis naman ako'ng yumuko at pinulot 'yon saka iniabot sa kaniya.

"T-Thank you.." nakangiwi'ng sabi niya pa.

Hindi naman ako sumagot at pinagmasdan ko lang ang kabuuan niya.

Tinignan ko ang mga paa niya at namumula pa rin ang mga galos niya.

Sariwa pa rin ang mga sugat niya.

~KNOCK KNOCK!~

Sabay sabay kami'ng napalingon sa pinto at pumasok doon si Randall.

Agad na lumapit si Dein sa kaniya at tinulungan siya sa wheel chair niya.

"Where have you been, Hon?" tanong pa ni Dein kay Randall.

"Nagpahangin lang.."

"Alone?"

"Mmm.. Kumain ka na?"

"Yeah, ikaw?"

"Yeah, kanina pa. Bakit nandito ka?"

"Ahh, kanina kasi ay hinahanap namin si Deib, kinumusta rin nila Mom and Dad si Maxpein, sumama ako dito.."

"Nas'an si Deib?"

"Hinatid lang sila Mommy sa baba, paakyat na rin siguro 'yon.."

"I see.."

"Hindi ka ba napagod? Ayaw mo ba'ng magpahinga muna?"

"No, I'm okay.."

"Pero hindi ka pa rin nakakatulog ng mahaba, Hon.."

"Mmm, ikaw ang kailangan ng pahinga, Honey. O sige, tara na sa kwarto, para makapagpahinga muna tayo'ng pareho."

"Sige.." nakangiti'ng sabi pa ni Dein at 'don ko lang napansi'ng lahat pala kami maliban kay Maxrill ay nakatingin sa pag-uusap nina Randall at Dein.

Bumaling naman si Dein samin at saka ngumiti.

"Don na muna kami sa kwarto ni Randall, m-medyo napagod rin kasi kami kanina e.. Medyo.. pinagalitan ako ng family ko, but I'm sure na magiging okay rin naman kami.." si Dein. Tumango naman si Pein agad sa kaniya.

"Wala namang magulang ang hindi nakaintindi sa anak.." sabat ni Yaz na kay Dein deretso'ng nakatingin kaya naman gulat na napatingin kami sa kaniya.

"Yeah, anyway, thank you rin pala sa'yo.." si Dein.

"Wala 'yon.. hehehe! I forgot to formally introduce myself, I'm Zaimin Yaz, Ate ako ni Zarnaih pero mas maganda ako sa kaniya, you can call me Yaz.." maarte'ng pakilala ni Yaz at bahagya'ng natawa naman si Dein sa kaniya.

Tsh! This girl is annoying.

"I'm Dein, nice meeting you, Yaz.. This is Randall, boyfriend ko.."

"Congrats sa magiging baby niyo.."

"Thank you.."

"Panigurado'ng magiging maganda o gwapo siya kasi may pagmamanahan! Bagay na bagay kayo, grabe!"

"Nako, salamat. Sana nga, hehehe.." si Dein.

Hindi ko na sila pinansin at tumingin na lang ako kay Maxrill na nakatulog na pala sa sofa.

"Pano, mauna na muna kami? Babalik na lang siguro kami mamaya.." sabi pa ni Dein na kay Pein nakatingin.

"Sige.." nakangiti'ng sagot ni Pein sa kaniya. Nagtanguan lang sila ni Randall at saka naman bumaling sakin 'yong dalawa.

"Mauna na kami, Maxwell.." si Dein.

"Mmm, sige.. Tawagin niyo na lang ako kung may kailangan kayo.."

"Salamat.." matamis ang mga ngiti'ng tugon ni Dein at iniiwas ko naman sa kaniya ang paningin ko't itinuon 'yon kay Randall. **"Bilisan**

mo'ng magpagaling.. mahiya ka naman sa girlfriend mo.. ginawa mo pa siya'ng taga-tulak mo.. Tsh.." pang-aasar ko sa kaniya.

"Edi ikaw ang magtulak sa'kin kung gusto mo.." mapang-asar ri'ng sagot niya.

"Tsh, hindi na.. baka sa hagdan kita madala e.."

"Tsh! Loko.." natatawa'ng sabi niya pa at nanginit na lang ako. **"Una na kami.."** sabi pa niya at saka pumunta si Dein sa likuran niya at maraha'ng itinulak ang wheel chair niya.

Pinagmasdan ko naman sila hanggang sa tuluyan sila'ng makalabas ng kwarto'ng 'yon. Nung maisara na ni Dein ang pinto'ng 'yon ay saka ako napayuko at napabuntong-hininga.

Pagbaling ko sa kaliwa ko'y..

NAKATINGIN NA SAKIN SI YAZ.

Animo'ng sinisilip niya pa ang mukha ko, palibhasa'y nakaupo siya't nakatayo ako.

"What are you looking at?!" inis pa'ng tanong ko sa kaniya.

"May gusto ka kay Dein, no?!"

"What?!"

"Suuus! May gusto ka sa kaniya!"

"Tsh."

"May gusto ka nga.."

"What?!"

"Umamin ka na.. halata ka.."

"Pakialam mo ba?!"

"O 'di ba?? Umamin rin!" nakangiwi'ng pang-aasar niya pa!

"Ano ba'ng ginagawa mo dito?" asar-talo'ng tanong ko.

"Dumadalaw---bakit?!"

"Kanino? Sakin?"

"H-Ha?"

"Okay na ko, kaya makakauwi ka na.."

"Ang sungit mo! Excuse me, no! Si Maxpein ang dinalaw ko dito! Kaya nga ako nandito sa kwarto niya e! Baka ikaw?! Ano'ng ginagawa mo dito---e may sarili ka nama'ng kwarto?! Porket nandito ako---hindi ka na rin umalis dito!"

"Ha!" hindi makapaniwala'ng singhal ko pa sa kaniya! **"Lakas ng apog mo, ah?"** inis pa'ng bulong ko.

"Talaga! Kasi maganda ako!"

"Oo, pero ikaw lang ang nakakakita." pabulong pa'ng sagot ko.

"Sige nga---tumingin ka sa mata ko at sabihin mo'ng *pangit* ako!" panghahamon niya pa at inis naman ako'ng tiningnan siya!

"Hindi ka maganda!" sigaw ko sa mukha niya!

"Sinungaling ka!"

"Tsh.."

"Alis nga d'yan, bitter!"

"S-Sino'ng bitter?!" inis na habol ko sa kaniya! Humarang pa ako sa wheel chair niya!

"Ikaw! May gusto ka kay Dein---kunyari ka pa!"

"Tsh.." hindi ko na siya kinibo pa at inis na lang ako'ng naupo sa sofa na nasa harap ng kama ni Pein at 'don ko lang napansi'ng pinapanood niya pala kami!

Blangko ang ekspresyo'ng nagpapalit palit siya ng tingin samin ni Yaz at saka bumuntong-hininga! Maya-maya pa ay nakatitig pa rin siya sa'kin habang ngumunguya!

"S-Stop looking.." inis pa'ng bulong ko at tumango-tango naman siya.

"Juah?" tanong niya pa at nanlaki naman agad ang mga mata ko!

Translation: You like?

"A-Ani!" inis na sagot ko sa kaniya!

Translation: N-No!

"Ani, igeon.." tugon niya at nanlaki naman lalo ang mata ko! Itinaas niya ang bote ng Stick-O!

**Translation: No, this..'*

'A-Akala ko si Y-Yaz..'

"A-Ani, gomawo." sagot ko.

Translation: N-No, thanks.

Hindi siya nagsalita at nginiwian niya lang ako habang tumatango! Bagay na mas ikinainis ko!

She's crazy.. yes, she's crazy!

Bumuntong-hininga ako ng malakas at saka tumayo.

"I-I'll go back to my room, Maxrill will stay here with you." habilin ko pa at saka mabilis na lumabas mula sa kwarto'ng 'yon.

Mabilis ako'ng naglakad pabalik sa kwarto ko pero..

"Wait!"

"A-Ano'ng ginagawa mo dito?!" inis na tanong ko nung humabol si Yaz!

"E-Eh, matutulog daw si Max kaya.. d-dito muna ako---"

"No.." pigil ko sa kaniya at nabigla naman siya.

"E s-san ako?!"

"You can stay there.."

"W-Where?"

"Right there!" turo ko sa mismo'ng kinalalagyan ng wheel chair niya at saka ko siya nginiwian at binuksan ang pinto. Isasara ko na sana 'to ng..

~BLAAAG!~

SINIPA NIYA ANG PINTO!

"W-What?!" inis na singhal ko sa kaniya!

"H-Hoy! 'Wag ka nga'ng pa-hard to get!"

"What?!"

"Buti nga dinadalaw ka pa e!"

"S-Sino ba'ng may sabi sayo'ng dalawin mo ko?"

"Ako!"

"A-Ano'ng ikaw?!"

"Psh! Alis!" singhal niya pa at saka binuksan ang pinto at pumasok!

Napabuntong-hininga naman ako at inis na sinundan siya ng tingin!

"Wala ako'ng gagawin sa'yo kaya 'wag kang mag-alala!" dagdag niya pa at saka huminto sa gitna ng kwarto'ng 'yon.

"W-Wala naman ako'ng sinabi'ng may gagawin ka sa'kin---pero ayoko'ng nandito ka. Tsh! At s-saka, bakit ba nakawheel chair ka pa?! E kaya mo naman ng maglakad?"

"O-Oo nga.."

"Tsh.." singhal ko at saka tuluya'ng pumasok at isinara ang pinto.

"May gusto ka sa kapatid ni Deib, no?!"

Hindi ako nakasagot sa kaniya.

"Okay lang naman sa'kin kung gusto mo siya---"

"Bakit ba paulit-ulit ka!?" inis na tanong ko!

"E kasi---umamin ka na!"

"Shut up."

"O baka naman 'yung.. isang doktora ang gusto mo? 'Yun ba'ng Ate ni Kim? Hehehe." mapanukso'ng dagdag niya pa! **"Mahilig ka sa *ATE* ah?! Hahaha! Baka nakakalimutan mo'ng.. *Ate* rin ako---"**

"I said, shut up.."

"Ang sungit mo!"

"Ano ba kasi'ng ginagawa mo dito!?"

"Para ipagbalat ka nito.." sabi niya pa at saka inilapag sa table ko ang isang puti'ng plastic.

"W-What's that?"

"Ponkan.."

"Tsh! 'Yung binigay mo nung una---maasim!"

"Ahh, talaga?! So, kinain mo pala?!"

"O-Oo naman.." utal na sagot ko. **"Pero h-hindi lahat.. ayoko ng maasim.."**

"Ano'ng gusto mo? *Bitter*??" sarkastiko'ng tanong niya pa at hindi ko na siya sinagot! Inis ako'ng naupo sa kama ko at binuksan ang TV ko. **"Wala yata ang family niyo?"**

"Umalis."

"I see, okay na ba si Max at Mommy niya?"

"None of your business."

"Ang sungit sungit mo! Ganiyan ba talaga kayo'ng mga doktor?"

Hindi ko na siya pinansin at itinuon ko na lang ang paningin ko sa TV.

"Here.." dinig ko'ng sabi niya pero hindi ko na siya nilingon. **"Hoy! Oh!"**

"Tsk! What!?"

"Eat this!"

"A-Ayoko niyan!"

"Hindi 'to maasim!"

"Tsh.."

"Oh.." sabi niya pa at saka kinain ang isa. **"Hindi siya maasim---matamis siya!"**

"Edi kainin mo lahat."

"Para sa'yo 'to!" sigaw niya at natigilan ako.

"....." at hindi ako nakapagsalita!

Why is she doing this?! Tsh! Why the hell is she doing this!!

Hindi ko maintindihan kung bakit nababadtrip ako pero okay lang talaga saki'ng nandito siya.

Weird..

Kinuha ko na ang iniaabot niya'ng prutas ng hindi siya nililingon at saka ko kinain 'yon.

Matamis nga..

"Matamis, 'di ba??" nakangiti pa'ng tanong niya at tinignan ko lang siya at saka nanood ulit. **"Kumusta pala ang lagay mo? May masakit pa**

ba sa'yo?"

"Wala na."

"Mmm, buti naman. Ako, eto.. ewan ko ba! Parang mas nahirapan ako'ng maglakad ngayon kesa kahapon! Kumikirot rin ang ibang sugat ko.." sabi niya at hindi naman ako sumagot. **"Kailan ka makakalabas dito?"**

"Bukas papasok na ko."

"Ang b-bilis naman?"

"Hindi ako pwede'ng um-absent ng matagal."

"Pero nasa ospital ka.."

"Hindi naman kritikal ang lagay ko."

"Ang sungit mo talaga."

Hindi ko na siya kinibo pa at hindi na rin naman siya nagsalita pa.

Sabay kami'ng nanood na lang ng balita sa TV.

RANDALL'S POV

Pagkapasok namin sa kwarto ay naupo agad si Dein sa sofa at pumunta naman ako sa harap niya. Kinuha ko ang dalawa'ng kamay niya at hinalikan ang mga 'yon.

"I love you, Honey.." nakangiti pa'ng sabi ko.

"I love you.." nakangiti'ng sagot niya.

Sandali ko pa siya'ng tinigan at saka ako muli'ng nagsalita.

"Nakausap ko si Pein kanina.."

"Mmm?"

"Hindi siya okay.."

"What do you mean.. hindi siya okay?" taka'ng tanong niya at napabuntong-hininga naman ako at saka tinitigan ang mga kamay niya.

"Base sa pagkakakilala ko sa kaniya.. gusto niya'ng makakita ng mga puno kapag magulo ang isip niya.. Iyon ang ginawa niya kanina, sinundan ko lang siya kaya hindi niya nagawa'ng mapag-isa. Naguguluhan siya sa pamilya niya.." kwento ko at saka ako tumingin muli sa kaniya. Bakas ang lungkot sa mukha niya.

"H-Hindi na siya naubusan ng problema.."

"Mmm.. And I pity her for that.. A-Alam ko'ng hindi niya magugustoha'ng kaawaan siya pero.. 'yon ang nararamdaman ko.."

"Me too.." napapabuntong-hininga'ng sang-ayon niya. **"H-Hindi siya dapat nakakaranas ng ganito sa edad niya.. D-Dapat ay nag-eenjoy siya.."**

"Kaya nga hindi na ako magtataka kung bakit gan'yan na lang ang naging ugali niya.."

"A-Ang gulo ng buhay niya.."

"Ang totoo ay, h-hindi ko rin maintindihan ang sarili ko.. G-Gusto ko'ng magalit kay Daddy pero.. nakakasiguro ako'ng naguguluhan lang ako.. Pero sa puso't isip ko.. w-wala ako'ng maramdama'ng galit.. at ang gusto ko lang ay humingi ng humingi ng tawad sa mga tao'ng nagawan niya ng mali.. Lalo'ng lalo na kay Pein at sa Mommy niya.."

"A-Anong mali? Bakit ka hihingi ng tawad??"

Nanlaki ang mga mata ko sa tanong niya!

H-Hindi niya alam

Doon ko lang naalala'ng wala'ng alam si Dein tungkol sa mga napag-usapan sa pagitan namin at ng pamilya ni Pein! Si Deib lang ang tanging may alam at ang Chairman Enrile!

"H-Hon??" dagdag tanong niya pa.

"A-Ahh.." natatawa pa kunwari'ng sabi ko. **"Kanina alam mo ba?? Nakita kami ng kapatid mo'ng nag-uusap.. kami ni Pein.. At nagalit si Deib! Hahaha!"** pag-iiba ko sa usapan.

Hindi niya pa dapat malaman sa ngayon, baka makasama sa kaniya.

"Bakit naman nagalit sa'yo?" taka'ng tanong niya at nakahinga naman ako ng maluwag.

"Kasi.. narinig niya ang pinag-uusapan namin ni Pein.."

"E ano nga ba'ng pinag-uusapan niyo??" taas-kilay na tanong niya.

"Tsh! Magkapatid nga kayo---pareho kayo'ng seloso! Hahahahaha!" natatawa'ng pang-aasar ko sa kaniya at nginusuan niya naman agad ako. **"Narinig niya'ng tinanong ko si Pein kung pwede ba'ng isunod ko sa pangalan niya ang pangalan ng magiging baby natin? Narinig 'yon ni Deib at nagalit! Bakit ko daw isusunod kay Pein ang pangalan ng baby natin kung pwede naman daw na sa'yo na lang?! Hahahahaha---"**

"E bakit nga naman kay Maxpein pa kung pwede nama'ng *'sakin'* na lang!?" galit na tanong niya at napa-igtad naman ako!

"H-Hon.. binibiro ko lang naman si Maxpein non e---"

"Ha! At sa tingin mo---nakakatuwa?!" galit pa ri'ng tanong niya!

"Hon, binibiro ko lang si Pein, kasi nakita ko na sa reflection ng salamin nung bintana si Deib kaya sinadya ko'ng tanongin siya ng ganon---"

"Ano!?"

"Mmm.. Hahahahahaha! Nakita ko si Deib sa reflection ng salamin at alam ko'ng nakikinig siya sa'min kaya naman.. hehehehehe! Pinarinig ko talaga 'yon---Aray!!" bigla niya akong hinampas!

Dali dali siya'ng tumayo at lumayo sa'kin!

Mabilis ko namang iniikot ang wheel chair ko at mabilis na lumapit sa kaniya!

Magkakrus ang dalawa'ng kamay niya at nakaiwas ang paningin sa'kin!

"H-Hon.." tawag ko pa sa kaniya. **"Binibiro ko lang naman si Deib e---"**

"Hindi ko pa rin gusto ang biro mo.."

"E h-hindi naman ikaw ang binibiro ko e.." sagot ko at pinandilatan niya naman agad ako ng mga mata at napailag naman ako sa kaniya at saka ngumiti. **"H-Hehehehe.. 'W-Wag ka ng magselos, Honey.. Ikaw ang mahal ko.."**

"Hmpt!"

"Tsk! Honey naman.. Mahal talaga kita! Mamatay man ako!"

"Ewan sa'yo!"

"Pumutok man ang lahat ng lobo ni Deib!"

Gulat siya'ng nilingon ako at gulat ako'ng napatingin sa kaniya!

Nagkatitigan kami at..

"BWAHAHA!!" sabay kami'ng malakas na tumawa.

Edi ayos na! Hahaha! Kaya mahal na mahal ko ang babae'ng 'to dahil ang bilis mawala ng galit niya hehehehe.

"Kung nakita mo lang ang mukha nung kapatid mo---galit na galit! Hahahahahahaha!" kwento ko pa at natawa naman siya.

"Ewan ko ba 'don! Ang hilig hilig magbasa ng mga pocketbooks at manood ng mga love stories---napakabaduy! May pera naman---hindi dalhin sa romantic place! Ang baduy baduy ni Deib, Hon! Yuck!"

"Hahahahahaha! Ang mga lobo daw na 'yon---ay *puso* ni Deib!" natatawa pa'ng dagdag ko!

"I know! Alam mo ba'ng itinawag niya pa sa'kin 'yon para lang itanong kung ilang beses kung tumibok ang puso sa loob ng isa'ng araw?! Ugh! He's crazy!"

"He's in love.." sagot ko at natigilan naman siya at saka napapangiti'ng tumingin sa'kin.

"Ugh! Yeah right.. He really is.." nakangiti'ng sabi niya pa.

Maya maya pa.

"Do you want me to help you go to bed?" nakangiti'ng tanong pa ni Dein at umiling naman ako.

"I can manage.." nakangiti'ng sagot ko at ngumiwi naman agad siya.

"Psh! Sige nga! Tignan natin.." mayabang pa'ng sabi niya at sinubukan ko namang tumayo ng dahan dahan.

Pilit ko'ng hindi ipinakita ang sakit na nararamdaman ko sa tuhod ko at pilit pa rin ako'ng ngumiti sa kaniya!

Impit ang hininga'ng inilagay ko ang timbang ko sa dalawa'ng kamay ko hangga'ng sa tuluyang makatayo ako!

Mabilis na umalalay sa'kin si Dein munit hindi pa rin ako nagpatulong hanggang sa animo'ng lumpo'ng gumapang ako papaupo sa kama ko!

Habol habol ang hininga'ng umayos pa ako sa pagkakaupo ko at bakas naman ang pag-aalala sa mukha niya.

Naupo ako sa gilid ng kama habang nakalaylay pa rin ang dalawa ko'ng paa.

"H-Hon.." tawag niya pa sakin at humahangos na tumingin naman ako sa kaniya. **"I-If you're not okay, I understand.. B-Babantayan kita kahit pa ga'no katagal.."** malumanay pa'ng dagdag niya at napailing naman ako.

"H-Hindi kasi okay sa'kin na nakikita mo ako'ng ganito.." nahihiya'ng tugon ko.

"A-Ano ka ba, Hon?? Kaya ka ganito ngayon dahil ginawa mo ang lahat ng makakaya mo para maging safe kami nung time na 'yon, and for me that's the bravest.. You don't have to say that, okay?"

"Tsh.. Pero pagdating sa family mo, h-hindi ko man lang nagawa'ng sanggain 'yung sampal ng Lolo mo---"

"Honey.." pigil niya sa'kin na hinawakan pa ako sa magkabila'ng pisngi. **"Look at me.."** utos niya pa na kusa'ng iniharap ang mukha ko sa kaniya para magtama ang paningin namin. **"Hon, normal 'yung naging reaction nila. At t-talaga'ng may mga oras na n-nasasaktan tayo ng mga magulang natin d-dahil kasalanan rin naman natin.."** sabi niya pa at saka bumuntong-hininga. **"And besides, m-mas gugustohin ko ng nasampal ako ni Chairman kesa.. itakwil niya ako ng tuluyan.."** malungkot na sabi pa niya at tumingin naman ako ng deretso sa mga mata niya.

"I'm sorry, Honey.." sinsero'ng usal ko habang nakatingin ng deretso sa mga mata niya. Napangiti naman siya ng deretso sa mukha ko.

"You don't have to be sorry.."

"No, k-kasalanan ko kasi.. h-hindi ko muna inisip ang future mo.. I-Inisip ko lang sarili ko---"

"We both wanted this, Hon.."

"I know, pero.." sabi ko at saka iniiwas ang paningin ko. **"..mas gugustohin ko'ng makita ka'ng magtapos.."** at saka ako muli'ng tumingin sa mga mata niya.

"But now, Hon.. I want our baby.." may mga kislap sa mga mata'ng tugon niya at hindi ko naman maiwasa'ng mangiti sa saya.

"I love you, Dein.."

"Yiiieee.." namumula'ng sagot niya at napailing naman ako habang natatawa.

"Ang tagal tagal na natin---hangga'ng ngayon ba naman ay kinikilig ka pa??" natatawa'ng biro ko sa kaniya at nakanguso'ng pinalo niya naman ako ng bahagya sa hita. **"A-Arayy!"**

"Oh! Sorry, Honey! Sorry!" nag-aalala'ng sabi niya pa at napalitan naman ang sakit ko ng tuwa.

"Kiss muna." sabi ko na inginuso pa ang mga labi ko.

"Psh!"

"Kiss.. Masakit oh.." nasasaktan pa kunwari'ng turo ko pa sa hita ko'ng pinalo niya.

"Yan! Yan! Dahil d'yan---muntik na ako'ng itakwil ng pamilya ko!" natatawa'ng sabi niya pa na bahagya'ng piningot ang labi ko. Hindi ko naman naiwasa'ng matawa.

"Come here.." sabi ko pa na hinila ang bewang niya at inilapit sa katawan ko. Nakangiti'ng pinagmasdan ko pa ang kabuuan ng mukha niya at bakas na naman ang kilig sa mukha niya. **"You're so beautiful, Dein.."**

"Eeehhh.. Ano ba!" sabi niya na pinalo pa ang balikat ko at natawa naman ako.

"At kung mangyayari ma'ng itakwil ka ng pamilya mo.. buo'ng puso kita'ng ititira sa bahay ko---"

"Loko!"

"W-What??" nakanguso'ng tanong ko!

"Psh! Ano?! Live-in?! Mag-isa ka!"

"H-Hindi 'yon ang ibig ko'ng sabihin!" inis na sagot ko at pinamewangan niya naman agad ako!

"Then what?!" mataray pa'ng tanong niya at napa-iling naman ako.

"E-Edi magrenta ka sa bahay ko!"

"Ha! A-Ano?!" nanggigigil pa'ng tanong niya at natawa naman ako!

"Hahahahaha! Ang ganda mo, Honey.. I-kiss mo na ako---"

"Shut up!"

"Hon.."

"I said---shut up!"

Galit talaga siya?!

Napapanguso'ng pinagmasdan ko ang mukha niya at hindi talaga 'to maipinta!

"B-Binibiro lang naman kita e.." nakanguso'ng sabi ko pa.

"Nakakadalawa ka na, ah?!"

"Honey naman.."

"Ewan!"

"Honey.."

"Hmpt!"

"Hon, please??"

"Ewan---"

"Hindi ako gagaling nito e!" inis na panunumbat ko at tinaasan niya naman agad ako ng kilay!

"Ah ganon?! Edi bahala ka sa buhay mo! Malumpo ka!"

"Kawawa ang magiging baby ko! Hindi niya makikita kung ga'no ka-gwapo ang Daddy niya---"

"Psh! Oo! Sa sobra'ng gwapo ng Daddy niya---nakailang babae bago tumino!"

"Honey, naman.. W-Wala'ng sumbatan ng ganiyan.."

"Hoy, Randall Echavez, ngayo'ng may baby na sa tiyan ko, siguraduhin mo'ng magtitino ka na dahil kung hindi---hindi mo rin makikita ang anak mo!"

"Yes, Mrs. Dein Leigh Echavez, Boss Ma'am!" sabi ko na nakasaludo pa sa kaniya at natawa naman agad siya. **"Hehehehehe.. I love you, Honey.."**

"Tse!"

"H-Honey naman.."

Mood swings.. Tsk!

At nagpaulit-ulit naman kami'ng puro ganon!

OceanofPDF.com

CHAPTER 159

MAX'S POV

Mahihiga na sana ako ng ayos nung bigla'ng bumukas ang pinto kaya naman agad ako'ng nilingon 'yun.

SI HEURT.

Nas'an na ba si Sensui!? Tss.

Nakangiti'ng lumapit sa'kin si Heurt kaya naman umayos ulit ako sa pagkakaupo ko sa kama.

"Magpapahinga ka na ba?" malumanay pa'ng tanong niya na umalalay pa sa'kin para tulungan ako'ng mahiga.

"Hindi ho.." tipid na sagot ko.

"Kumusta ang pakiramdam mo?"

Bakit ba paulit-ulit sila ng tanong? Tss! Hangga't nandito ako---hindi ako okay, malamang! Tsk!

Bumuntong-hininga pa muna ako bago muli'ng nagsalita.

"M-Medyo ayos na ho."

"Wala ng masakit sa'yo?"

"Wala na naman ho.."

"Mabuti naman kung ganon.." nakangiti pa'ng sabi niya at saka naglabas ng prutas. **"Binilhan kita ng prutas.."** sabi niya pa at animo'ng excited na inilabas 'yon isa-isa.

Isa'ng tumpok ng ubas.

Dalawa'ng mansanas.

Dalawa'ng dalandan.

Tatlo'ng saging.

"P-Pagpasensyahan mo na muna't i-ito lang kasi ang nakayanan ko.." bakas ang hiya'ng dagdag niya pa.

"Sana hindi ka na nag-abala, dinalan rin kasi ako ni Deib ng mga 'to." sabi ko pa na ipinakita ang mga prutas ko at natigilan naman siya at napapahiya'ng tumingin sa'kin.

"G-Ganon ba? H-Hindi bale, maigi na 'yong marami ka'ng prutas. Makakatulong ang mga 'yan sa paggaling ng mga sugat mo."

"Mmm, salamat." tipid na sagot ako at nakayuko'ng isinalansan niya naman ang mga prutas sa side table ko at nanatili naman ako'ng nakatingin sa mukha niya. **"Kumusta ang pamilya mo?"** malumanay na tanong ako at gulat naman siya'ng tumingin ng deretso sa mukha ko.

Hindi agad siya nakasagot at kita'ng kita ko pa ang paglunok niya.

Bahagya pa siya'ng napailing at saka tuluya'ng itinabi ang mga prutas at deretso'ng tumingin sa'kin.

"Si K-Kev ay h-hindi ko pa masiyado'ng nakakausap ng maayos. H-Hindi pa namin napag-uusapan ng maayos ang tungkol sa nangyari dahil h-hindi pa ako handa'ng tanggapin ang lahat ng ginawa niya---"

"Bakit naman hindi?" mabilis na tanong ko na ikinabigla niya pa.

"K-Kasi ay.. hindi ko pa lubos maisip kung p-paano'ng nagawa niya ang mga bagay na 'yon---"

"Wala siya'ng ginawa sa'kin." mabilis ko na namang pigil sa kaniya at napatitig siya sa mukha ko't hindi nakapagsalita. **"Maski isa'ng malakas na hampas ay wala siya'ng ginawa sa'kin."** nakangisi'ng dagdag ko at napalunok na naman siya. **"Kung meron man siya'ng masama'ng ginawa, 'yun ay ang pag-isipan ako'ng gawan ng hindi tama.."**

Iiling-iling siya'ng napayuko at malalim na napabuntong-hininga.

Nanatili naman ako'ng nakatingin sa kaniya.

"H-Hindi kasi 'yon ang Kev na nakilala ko.. Hindi 'yon ang Kev na bagaman hindi nagmula sa sinapupunan ko ay binantayan ko at pinalaki ko.. H-Hindi niya ugali'ng mag-isip ng masama sa kapwa at mas lalo'ng hindi niya ugali'ng sumali sa grupo ng mga maloloko.." malumanay at may lungkot sa mga mata'ng paliwanag niya.

"Alam mo ba'ng ginawa niya 'yon para sayo?" tanong ko at nanlaki ang mga mata niya. Bakas sa postura niya ang panlulumo niya.

"P-Paano mo'ng n-nalaman?" hindi makapaniwala'ng tanong niya pa. Iniiwas ko naman ang tingin ko't itinuon 'yon sa labas ng bintana.

Madilim na, nasan na ang gunggong na 'yun?

Napabuntong-hininga pa ako at saka muli'ng nagsalita.

Ikinuwento ko sa kaniya ang lahat ng nalalaman ko simula nung makilala ko siya at si Gonza.

LAHAT LAHAT ay ikinwento ko.

"K-Kung ganon ay a-alam mo na pala---bakit hinayaan m-mo'ng gawin niya sa'yo 'to? S-Sana ay sinabi mo na ng m-maaga sa kaniya para h-hindi umabot sa ganito.." maingat ang pagkakasabi ni Heurt.

Batid ko'ng ayaw niya'ng isipin ko'ng sinisisi niya pa ako.

Napangiti ako sa iniasta niya at ngumiti ako sa mukha niya.

"Dahil hindi ko ugali'ng pakialaman kung ano ma'ng tumatakbo sa isip ng isa'ng tao.." nakangisi at makahuluga'ng tugon ko. **"Hindi ko rin naisip na aabot sa ganito ang galit niya sa pamilya ko.. Kung tutuusin ay wala nama'ng ginawa'ng masama sa'yo si Chairman.. kung meron ma'ng ginawa si Maze sa'yo---hindi ko alam.."**

"Magkaibigan kami ni Maze.."

"Sabi niyo nga.." napapabuntong-hininga pa'ng sabi ko. **"Pa'no na ang pag-aaral ng anak mo?"**

"Si K-Kev?"

"Mmm.."

"Kailangan niya'ng huminto.." malungkot pa'ng dagdag niya. **"At ang alam ko ay b-balak siya'ng dalhin sa DSWD ng Chairman at ni Mokz.."**

"Ayos lang naman ba sa'yo yon?" deretso'ng tanong ko at napatitig siya sa'kin.

Hindi agad siya nakasagot.

Nababasa ko sa mga mata niya'ng *hindi* siya sang-ayon sa katotohana'ng 'yon.

Napayuko siya at bahagya'ng napaisip.

Bumuntong-hininga naman ako at saka nagpaumuna'ng magsalita.

"Kung hindi ayos sa'yo 'yon ay pwede ko'ng k-kausapin sila Chairman.." dagdag ko at gulat siya'ng napatingin sa'kin. Tinignan ko naman siya ng deretso sa mga mata. **"Hindi dahil sa naaawa ako sa kaniya.."** seryoso'ng dagdag ko pa at napalunok naman siya. **"Kundi dahil.. sa tingin ko ay hindi 'yon tama.. Kung ako man ang nasa posisyon niya ay magkakaron rin ako ng galit na tulad ng naramdaman niya.. naramdaman niya lang naman 'yon dahil *'wala siya'ng alam'*.."** pagdidiin ko pa. **"Hindi niya naman siguro gagawin 'yon kung meron.."** tatawa-tawa pa'ng sabi ko at natigilan ako nung makita ko'ng dahan dahang mapangiti siya.

Mabilis ko'ng iniiwas sa kaniya ang paningin ko.

"Sa mga n-naririnig ko ngayon mula s-sa'yo.. h-hindi ko maiwasa'ng matuwa.. A-Alam ko'ng hindi tama pero natutuwa talaga ako.. B-Bagaman, h-hindi ko nagawa'ng manatili sa tabi mo upang bantayan

ang paglaki mo.. n-nakakahangang malaman na lumaki kang mabuting tao, Maxpein.."

Tss..

Hindi ko siya sinagot.

"H-Hindi ko maitatangging ayokong mapunta doon si Kev, alam kong malalayo siya samin at kinakailangan niyang manatili 'don dahil masiyado pa siya'ng bata para pumasok sa piitan. Pero.. i-iilang buwan lang naman 'yon, o maaari'ng isa'ng taon lamang at hindi na hihigit pa 'don.. Sa tingin ko ay tama lang na manatili siya doon ng panandalian para naman m-mapagbayaran niya kung ano ma'ng kamalian ang nagawa niya.."

"Sino'ng makakatulong mo?" deretso'ng tanong ko at natigilan na naman siya. **"Alam ko'ng hindi maayos ang lagay ng pangalawa'ng anak at Tatay ng mga anak-anakan mo.."** dagdag ko at mas natigilan pa siya.

Umiling siya at matagal bago pa man nakapagsalita.

"Sa t-tingin ko ay kakayanin ko naman.. Ang m-mahalaga sa'kin ngayon ay matuto si Kev sa pagkakamali niya.." pagtatapos niya sa usapi'ng 'yon at tanging ngiti na lang ang naisagot ko.

Nasa ganoon kami'ng sitwasyon nung bigla'ng bumukas ang pinto.

~KLAK!~

SI SENSUI.

Masama agad ang tingin niya nung magtama ang paningin namin munit agad rin 'yong nawala nung makita niya'ng tumayo mula sa pagkakaupo sa gilid na sofa si Heurt.

"N-Nandito po pala kayo.." bigay pansin pa ni Sensui kay Heurt.

"Mmm, maganda'ng gabi sa'yo.." nakangiti'ng bati pa ni Heurt sa kaniya.

Close?

Hindi ko na sila pinansin at tumingin naman ako kay Maxrill.

"Pakigising ang isa'ng 'yan.." utos ko pa at wala ako'ng pakialam kung sino ang sumunod sa kanila.

Mabilis na lumapit si Heurt kay Maxrill na bahagya'ng inuga pa siya.

"M-Maxrill.." malumanay pa'ng tawag ni Heurt sa kaniya at napabalikwas naman 'to ng bangon at gulat na napatingin sa kaniya.

"A-Annyeonghaseyo."

Translation: H-Hello.

"Mmm, annyeong." nakangiti'ng bati rin ni Heurt sa kaniya.

Tumingin ako ng deretso kay Heurt ng may pagtataka.

Hindi ko pa talaga siya kilala..

"Woi.. Bumangon ka na d'yan at umuwi ka na.." mariing utos ko pa kay Maxrill at ngumuso naman siya.

"Naega wae?!" nakanguso'ng tanong niya.

Translation: Why should I?!

"Because I said so.. Hindi ka pwede'ng magstay dito.." pormal pa'ng tugon ko at mas ngumuso naman siya.

"I can't go home alone.."

"Tawagan mo si Mokz at magpasundo ka dito.."

"What time is it?" tanong niya na kusa rin namang tumingin sa relos niya. **"It's just 8:00pm, Noona!"**

"At late na 'yon para sa bata'ng tulad mo.. umuwi ka na, para makatulog ka ng maayos 'don.."

"I want to stay here.."

"Tsk.."

"Jebal??" pagmamakaawa niya pa.

Translation: Please??

Napailing naman ako't napabuntong-hininga habang nakatingin pa rin ng deretso sa kaniya.

"Hayaan mo na lang siya dito kung gusto niya.." sabat ni Sensui at nilingon ko naman muna siya bago muli'ng tumingin kay Maxril.

"Saan ka matutulog?" tanong ko pa kay Maxrill.

"I can sleep here.." nakangiti'ng turo niya pa sa mahaba'ng sofa na nasa harap ng kama ko.

Hindi man kalakihan ang kwarto'ng 'yon ay dalawa'ng set ng sofa ang nandoon. Isa sa gilid ng kama ko at isa'ng nasa harap kung saan nandoon rin ang TV at ref.

"Mahihirapan kang matulog d'yan.." dagdag ko pa.

"It's okay, as long as I'm with you.."

"Tss.."

"Noona, saranghe!" pang-uuto niya pa na nag-ala-MCDO sa ulo niya.

"Gwiyeoun.." nakangiti'ng sabat ni Heurt kaya naman nakanguso'ng napatingin si Maxrill sa kaniya.

Translation: Cute..

"Ihaeyo?" nakanguso'ng tanong ni Maxrill kay Heurt na mabilis namang tumango sa kaniya kaya naman nakanguso at gulat na napatingin sakin si Maxrill.

Translation: You understand?

"N-Noona, she understands Korean!"

Narinig ko.. Babo..

Translation: Stupid..

Tuluya'ng lumapit sa'kin si Sensui dahilan para mapunta sa kaniya ang atensyon ko. Binuksan ni Maxrill ang TV at nanood ng Cartoons doon.

"Hindi pa ba bumabalik dito sila Parrot?" tanong niya pa na hinila ang single sofa at inilapit sa kama ko.

"Hindi pa, si Yaz ay kasama yata si Maxwell."

"Mmm, dumaan ako doon kay Tob kaya ngayon lang ako.."

"Tss, nakasama mo na pala sila bakit sa'kin mo pa tinanong..??" pabulong na tugon ko at sininghalan niya naman agad ako ng tingin!

"B-Baka nakakalimutan mo'ng may kasalanan ka pa sa'kin?!"

"Tss.. Chismoso ka kasi.."

"A-Ano?!"

"Bakit?! Hindi ba? Ugali'ng ugali mo'ng makinig sa usapan ng iba---"

"Hoy, Taguro! Kung iba'ng lalaki 'yon ay magwawala na sa galit! Bakit ka pa nakikipag-usap 'don e---ex mo na 'yon!"

"Wala naman kami'ng ginagawa'ng masama.."

"Wala nga kayo'ng *ginagawang* masama pero meron naman kayo'ng *pinag-uusapang* masama! Tch! Ano daw?! Isusunod sa'yo ang pangalan ng magiging baby nila?! Abnormal ba siya?! Ayoko'ng magkaron ng hambog na pamangkin!"

"Tss.."

"At gusto'ng gusto mo naman?!"

A-Ano ba'ng sinasabi nito!?

Hindi agad ako nakasagot sa kaniya dahil pag-iwas ko ng paningin ko ay nahagip nito si Heurt na tatawa tawa habang nakatingin sa'min.

Natigilan ako at napapahiya'ng naiiwas muli ang paningin ko.

"S-Siya nga ho pala si Deib, b-boyfriend ko---"

"Magkakilala na kami!" pigil sa'kin ni Sensui.

"O-Oo nga, i-inuulit ko lang.."

"Iniiba mo ang usapan, Taguro!"

"H-Hindi.."

"Tch! Umamin ka, gusto'ng gusto mo, no?!" galit munit nakanguso'ng tanong niya kaya naman nagsalubong ang kilay ko at inis na tumingin sa kaniya.

"Para kang bata!"

"Bata pa naman talaga ako!"

"Oo nga---pero yung mas bata pa sa edad mo ang isip mo!"

"At ikaw matanda?! Tch! Sabihin mo d'yan sa ex mo---dito!!" sigaw niya pa at saka kinuha at iniharap sa'kin si Dugong! **"Dito niya kay Dugong ipangalan 'yong anak nila ni Noona! Pareho sila'ng abnormal!"**

"Tss, 'wag ka nga'ng maingay.."

"Kahit kailan, ang galing mo'ng magpaselos.."

"Inano ba kita?!"

"May pa-tanong tanong ka pa kay Randall---*'dami dami'ng pangalan bakit Maxpein pa? Nyenyenyenye'*!" panggagaya niya pa sa sinabi ko. **"E pwede nama'ng humindi ka na lang!"**

"Hahahahaha! Ewan sa'yo.. sarap mo'ng kausap.." natatawa talaga'ng sagot ko sa kaniya.

Natatawa ako'ng talaga sa itsura ng mukha niya.

Pakiramdam ko ay nabawasan ang halu-halo'ng emosyon sa kalooban ko at napuno ng tuwa.

Makita ko lang ang mukha niya natatawa na ko, tss.. Lalo na kapag nagsimula na siya'ng magsalita..'

"Kumain ka na ba?!" galit pa ri'ng tanong niya at umiling naman ako.

"Busog pa 'ko."

"Kumain ka pa rin! Pano ka gagaling n'yan?!"

"Kung susubuan mo 'ko edi.. sige, kakain ako.." pormal na tugon ko at natigilan siya.

Taka naman ako'ng tumingin sa kaniya dahil bahagya'ng nanlaki pa ang mga mata niya.

"T-Talaga??" animo'ng gulat na gulat pa'ng tanong niya at naiiwas ko na naman sa kaniya ang paningin ko dahilan upang makita ko na naman si Heurt na nakangiti habang nakamasid sa amin.

"Oo, geh geh.." napipilita'ng sagot ko na lang.

"Hahahahhaha! Ngayon mo lang ako pinilit na subuuan ka, Taguro---"

"A-Ano'ng pinilit?!" inis na pigil ko sa kaniya at mabilis na namang ngumuso siya!

"S-Sabi mo subuan kita---"

"Oo, pero hindi kita pinilit!"

"E-Eh, 'yon na rin yun!"

"Tss.. Lintek rin talaga ang naabot ng imahinasyon mo e, no?? Hanep.." maangas pa'ng sagot ko at nginiwian niya naman agad ako!

"Kung alam mo lang.. ikaw lang ang babae'ng sinubuan ko ng may buo'ng pagmamahal!"

"Tss.. hindi ka ba nahihiya'ng maggugumanyan sa harap ng.." napatingin ako kay Heurt at nakatingin na siya sa'kin. Napalunok ako at iniiwas ang paningin ko sa kaniya. **"...k-kapatid ko?? At ni H-Heurt.."** pahina ng pahina'ng dagdag ko.

Palihim ako'ng sumulyap muli kay Heurt at nakatungo na siya.

"Bakit ako mahihiya?! Dapat ba'ng ikahiya ang ganito'ng mukha?! Ha!" pagyayabang niya pa at saka tumingin kay Heurt. **"Hindi po ba, Tita Mommy? Hehehehe!"**

Tita Mommy?! WTF?

"Tss!" malakas na singhal ko at nakanguso naman ako'ng nilingon ni Sensui! **"T-Tita M-Mommy?! S-Saan mo naman nakuha 'yan?!"** inis na tanong ko at mas lalo lang siya'ng ngumuso! **"Tsa! Sabagay.."** maangas pa'ng dagdag ko. **"..hindi na nga pala ako dapat nagtataka sa mga tumatakbo d'yan sa isip mo.."**

"B-Bakit ba nangingialam ka?!"

"Hindi kasi ako makapaniwala'ng.. 'tong yabang ko'ng 'to? Magkakaron ng boyfriend na sing-baduy mo!? Tsa!"

"A-Ano?!" nanggagalaiti'ng tanong niya at bakas ang gigil sa mga kamay niya! **"A-Ang yabang mo! T-Tandaan mo.. mamimiss mo rin 'tong kabaduyan ko!"**

"Tss, baka ako ang mamiss mo??" nakangisi'ng tanong ko sa kaniya at inambaan niya lang ako ng tingin at saka siya muli'ng humarap kay Heurt.

"Kahit kasama naman kita ay namimiss kita! Kaya hindi ko na kinatatakutan pa 'yan!" nakanguso'ng tugon niya at nginitian ko na lang siya.

"Nakakatuwa kayo'ng tignan.." nangingiti'ng sabat ni Heurt at nilingon naman namin siya.

"Ah, talaga po?" nakangiti pa'ng tanong ni Sensui sa kaniya. **"Bwahaahaha!"**
at saka malakas na tumawa. **"Ganyan rin nga po ang tingin ko samin! Hahaaha!"**

Siraulo.'

"Gusto mo ba ng prutas, Maxpein?" bigla'ng tanong ni Heurt at napatingin naman kami sa kaniya.

"Gusto niya po 'yan." nakangiti'ng sabat ni Sensui at tinignan ko lang siya.

"Babalatan kita nito'ng ponkan na dala nito'ng nobyo mo, mukha'ng matamis. Malaki'ng tulong 'to sa paghilom ng mga sugat mo." nakangiti'ng dagdag pa ni Heurt na agad ri'ng tumayo at pumunta sa side table.

Nagkatinginan naman kami ni Sensui at lalo'ng inilapit sa'kin ang upuan niya at idinantay pa ang kamay niya sa hita ko. Naupo naman ako ng ayos sa kama ko habang nakalaylay pa sa gilid nito ang dalawang paa ko.

"Ang cute mo.." nakangiti pa'ng bulong niya.

"Sa itsura ko'ng 'to---cute pa 'ko? Nang-iinsulto ka ba?" inis pa'ng tanong ko sa kaniya.

"Alam mo nama'ng simula nung magustohan kita, lahat ng ginagawa mo ay cute sa paningin ko---hahahahahahahahaha! Ang totoo niyan, Taguro, mas cute ka pa sa mga lobo ko."

Nababaliw na talaga siya.

Tinignan niya pa ang mga lobo'ng 'yon na isa-isa ng napupunta sa gilid ng mga pader.

"Maaari niyo ba ako'ng kwentuhan kung paano kayo'ng nagkagustuhan?" nakangiti'ng tanong ni Heurt at ngumiti naman ng pagkalawak lawak si Sensui sa kaniya. **"Sa tingin ko kasi ay napakaganda ng storya niyo."** aniya pa at saka humarap sa'kin. **"Oh, kainin mo."** nakangiti'ng alok niya nung ponkan at kinuha ko naman 'yon at saka kinain ang tatlo. Oo, tatlo agad. **"Sige na, kwentuhan niyo ako kung paano kayo'ng nagkagustuhan. Mukha'ng masaya kayo at in love sa isa't-isa.."**

"Hahahahahahahahahahaha! Totoo po 'yan! Totoo po 'yan!" malakas pa'ng tawa niya!

"Talaga? Halata naman sa inyo." dagdag pa ni Heurt na tumingin sa'kin. Nakinig lang ako sa kanila'ng dalawa. **"Paano nga ba kayo'ng nag-**

umpisa?"

"Inakit po ako ng anak ninyo!"

"Huk!"

Muntik pa ako'ng masamid sa kinakain ko!

Inis ako'ng tumingin kay Sensui na ngiti'ng ngiti pa ring nakatingin kay Heurt!

Sinipa ko ang inuupuan niya!

"A-Ano ba!" singhal pa niya!

"Ano'ng inakit?! Ang kapal ng mukha mo!" nakanguso'ng tugon ko!

"Hahahaha." mahina'ng tawa pa ni Heurt sa'min!

"Oh?! Bakit? Hindi ba? Tch! E kaya nga kita napansin kasi ikaw ang una'ng tumingin sa'kin!" sumbat pa ni Sensui!

"Oh, e nas'an ang pang-aakit 'don?!"

"'Yun na mismo! Hahahahahahahaha! 'Yung simple'ng tingin mo na 'yon, Taguro---nabihag ang puso ko!"

"Bigwasan kaya kita d'yan?! Ang baduy mo!"

"Tch! D'yan! D'yan ka magaling! Sa pananakit! Wala ka ng iba'ng ginawa kung hindi ang saktan ako ng paulit-ulit!"

Hindi ako makapaniwala sa mga sinasabi niya!

Nakanguso siya at salubong na salubo'ng ang dalawa'ng kilay niya!

Malalim at paismid siya kung tumingin sa'kin kaya naman 'di ko na napigilan ang sarili ko'ng sipain muli ang armrest ng single sofa'ng kinauupuan niya!

~BAAG!~

"A-Ano ba! Bakit ba naninipa ka!" singhal niya pa!

"Tinamaan ka ba?!" inis na tanong ko pa!

"Hindi---pero muntik na!"

"Hindi ka pa rin tinamaan!"

"Sadista ka!"

"Baliw ka kasi!"

"Hindi mo ko mahal!"*'D-Diyos ko, b-bakit ba siya gan'yan?! S-Saan niya nakukuha ang mga ganiyan?! P-Paano niya nakukuha'ng umarte ng ganiyan?! Hindi na nahiya!*

"M-Manahimik ka nga." napapahiya'ng suway ko sa kaniya.

"Hahahaaha!" malakas na tawa ni Heurt at napatingin naman kami sa kaniya. **"Wala man lang kayo'ng naikwento, hahaha!"**

"P-Pano kasi 'yang anak niyo, nabubuhay sa pambabara! Tch! Alam niyo ba'ng kapag kausap niyo siya---wala kayo'ng makukuha'ng matino'ng sagot na deretso! Lahat dinadaan niya sa mga pasikut-sikot niya! Masiyado'ng pasikat!" sumbong pa ni Sensui sa kaniya!

"Pero aminin mo'ng 'yon rin ay isa sa mga minahal mo sa kaniya?" nakangiti'ng tanong ni Heurt at natigilan naman ako.

"Hahahaaha! Hindi ko nga po maintindihan kung ano'ng nagustohan ko sa kaniya e! Mayabang siya at hindi naman sobra'ng ganda! E noon kasi ay puro magaganda lang ang natututukan ng mga mata ko! Hahahaha!"

"Maganda naman siya, ah?" turo pa sa'kin ni Heurt.

"Oo nga po, pero nito na lang! Nung naging kami na, hahahahaha---"

~PLOK!~

BINATUKAN KO SIYA!

"Aray!" inis pa'ng singhal niya! **"B-Babe, nakakailan ka na, ah.."** nakanguso'ng dagdag pa niya.

"Oo at mas madadagdagan pa 'yan kapag hindi mo tinigilan ang pantotokshit mo d'yan.." banta ko sa kaniya.

"Nananakit ka na ngayon!"

"Dati na 'kong nananakit, ngayon ka lang talaga nakatikim. Tss."

"Hindi mo na talaga ako mahal!"

"Mahal kita, sadya'ng baduy ka lang talaga.." sagot ko at saka napabuntong-hininga. Pagtingin ko sa kaniya ay abot na sa tenga ang ngiti niya habang nakatingin sa'kin.

Nag-iimagine na naman siya. Kung anu-ano na naman'ng papuri sa sarili ang sinasabi niya sa isip niya. Tsk tsk tsk!

"Nadinig niyo 'yon?" mayabang pa'ng tanong ni Sensui kay Heurt. **"*'Mahal'* ako ng anak niyo kahit pa baduy ako! Hahahaha!"**

"Tss, hindi 'yan ang sinabe ko---"

"Pero 'yon ang pagkakaintindi ko." pigil niya sa'kin at saka muli'ng tumingin kay Heurt. **"Gagan'yan gan'yan po 'yan pero lintek kung magpakilig 'yan, hahahaha!"**

"Hahaahaha!" nakitawa pa si Heurt sa kaniya at napapahiya'ng yumuko na lang ako. Tumingin naman si Sensui sa'kin at iniiwas ko ang paningin ko sa kaniya.

"Parang siya pa nga ang lalaki sa'ming dalawa! Hahahaha! Alam niyo po ba'ng nung una kami'ng magkakilala e---*'sinapak'* niya ako agad?!"

"Kasi pinatid mo 'ko! Wala'ng matino'ng magpapasalamat pa sa'yo matapos 'nung ginawa mo!" sumbat ko agad pero ni hindi man lang niya 'ko nilingon at nanatili siya'ng nakaharap kay Heurt!

"Minsan pa'ng sinapak niya ako ng dalawa'ng magkasunod habang nakikipagkwentuhan ako sa kaibigan ko'ng si Tob! Tch!"

"Dahil dinikitan mo ko ng bubble gum sa buhok!" sumbat ko pa ulit.

"Nung isa'ng beses rin po ay tinuhod niya pa ako samantala'ng napakaswerte na niya 'non dahil ako ang una niya'ng nakita pagkagising niya! Hahahahaha---"

"Dahil pumapasok sa kwarto ng me kwarto!"

"Bakit ba ang puro ka kontra?!" inis na baling sa'kin ni Sensui!

"Dahil puro ka paninira---wala ka man lang sinasabi'ng maganda!"

"Ikaw!"

"A-Ano'ng ako!?"

"'Yung dumating ka sa buhay ko, 'yon.. 'yon ang maganda, Taguro. Masaya ka na??" sarkastiko'ng tanong niya pa at natigilan naman ako.

Hindi ako nakasagot at iniiwas ko ang paningin ko kay Sensui dahilan para mahagip naman ang paningin ko si Heurt na nakangiti na agad sa'kin.

P-Pa'no ba ako'ng magrereact sa isa'ng 'yon?

"Tch! Sinasagot lang kita, wala ako'ng sinabi'ng kiligin ka." dagdag pa ni Sensui dahilan para inis na lingunin ko ulit siya! Ngumisi naman agad siya sa'kin! **"Nung makilala ko siya.. Nahirapan na ako'ng mabuhay.."** dagdag niya habang deretso'ng nakatingin sa'kin.

Napatitig ako sa kaniya habang nakangiti siya sa'kin!

"Hindi naman siya maganda, pero hindi ko maialis ang tingin ko sa kaniya." natatawa pa'ng dagdag niya. **"Hindi naman siya nagpapatawa, pero hindi ko mapigilan ang ngumiti sa harap niya."** nakangitin pa rin saki'ng aniya! **"She doesn't show her feelings. She's not clingy. And she's definely not sweet! Tch!"** singhal niya pa na sumama ang tingin sa'kin. **"Pero hindi ko maintindihan kung bakit nagagawa niya pari'ng iparamdam sa'king mahal niya ko kahit hindi niya gawin lahat 'yan.."** bigla'ng ngiti'ng dagdag niya.

Napatitig ako sa mga mata niya at ramdam na ramdam at kita'ng kita ko ang sinseridad niya. Nakangiti siya munit batid ko'ng seryoso siya.

Hindi ko naiwasan ang sarili ko'ng mapangisi ng may halo'ng yabang.

"Tss.. I love you too.." sagot ko at nanlaki ang mga mata niya.

DEIB'S POV

Tss.. I love you too.

Tss.. I love you too.

I-Ilang beses ng sinabi sa'kin ni Taguro 'to pero.. h-hindi ko maintindihan kung bakit iba ang dating sa'kin nung ngayon?!

"Hahahahahaha!" malakas na tawa ko pa at unti-unti'ng nawal ang ngisi sa mukha ni Taguro! Sumeryoso siya munit tinalikuran ko siya at saka ako humarap kay Heurt! **"Oh, 'di ba, Tita Mommy?! Hahahahaha!"** natatawa na rin sa'kin si Heurt. **"Patay na patay sa'kin ang anak niyo! Tch! E halos ayaw nga niya'ng nasasaktan ako! Hahahaaha!"**

"Hahaha! Sige pa, magkwento ka pa.." sagot naman sa'kin ni Heurt.

"May patakaran siya na hindi ako pwede'ng masaktan, na pinaninindigan niya naman po talaga.. Kaya nga eto lang ang tinamo ko.." turo ko pa sa mukha ko. **"..kasi siya ang hero ko---bwahahaha!"** malakas na tawa ko pa. **"Pero.."** bigla naman ako'ng sumeryoso. **"..masarap man sa pakiramdam e, hindi ko pa rin po maitatanggi'ng nakakahiya.. Dahil imbes na ako ang gumagawa 'non sa kaniya ay siya ang gumagawa sa'kin. Pero ayos lang naman rin! Hahahaha! Ako lang yata ang gwapo'ng may pinaka-astig na girlfriend sa mundo, hahahaha---"**

"Gwapo'ng gwapo ka sa sarili mo, ano?"

Hindi ako nakasagot sa tanong na 'yun ni Heurt!

"Hahahahahahahaha!" malakas na tawa ni Taguro dahilan para napapahiya'ng lingunin ko siya! **"Tama! Hindi tatagal 'yan sa isa'ng kwentuhan ng 'di niya sinasabi'ng gwapo siya. Baka nga kung 'di ako dumating sa buhay niya---syinota niya na ang sarili niya. Tss!"** bigla'ng sarkastiko'ng aniya pa!

"M-May makakatalo ba naman sa kayabangan mo?!" inis na tanong ko pa sa kaniya!

Hindi na siya kumibo at nagngitian na lang naman kami ni Heurt.

~KNOCK! KNOCK!~

Nahinto kami sa pag-uusap nung bumukas ang pinto at pumasok sina Lee, Parrot at Yaz.

"Oh?? Bakit ngayon lang kayo?" tanong ko pa.

"Nakipagkwentuhan lang kami sa Mommy ni Tob, grabe.. iyak siya ng iyak.." sagot ni Parrot saka nilingon si Taguro. **"Ano?? Ano'ng sabi ng doktor? May taning ka na ba?!"**

Bwisit na Parrot 'to ah!

Hindi siya sinagot ni Taguro.

"King ina, nababadtrip ako! Gusto ko'ng lumpuhin sila Mallyu at Yago sa t'wing magpapump 'yung kung ano ma'ng machine 'yon nandon sa kwarto ni Tob!" inis pa'ng dagdag ni Parrot at napaseryoso naman ako. **"Wala nama'ng ginawa sa kanila si Tob para idamay nila! Basta na lang nanghila ang mga king ina tapos nagkaganon pa?! Aba, pucha! Kung ako myembro ng Gobyerno!? Bitay! Bitay ang ipapataw ko sa mga lintek na 'yon e!"**

"Naih.." awat sa kaniya ni Taguro at nanlulumo'ng tumingin naman sa kaniya si Parrot.

"Nakakabadtrip kasi, Max e! Hindi naman natin sila ginanon, 'di ba?! Gaano ba kalaki ang naging kasalanan natin sa kanila para ganonin nila tayo---lalo na 'yung kaibigan natin! Kawawa naman si Tob!" dagdag pa ni Parrot at kita'ng kita ko naman ang pagsalubong ng mga kilay ni Taguro na agad rin nama'ng napansin ni Parrot. **"U-Uuwi na muna kami."**

"Mmm, mabuti pa nga." wala'ng emosyo'ng sagot ni Taguro at natigilan naman si Parrot. **"Mag-iingat kayo."** dagdag pa niya na tumingin pa kay Lee.

Nagkatinginan lang kami ni Lee at hindi na nagkibuan pa.

"Mauna na kami." sabat pa ni Yaz na tumingin sami'ng lahat. **"Magpagaling ka, Max."**

"Geh, ingat.." matapos non ay umalis na rin sila ng wala'ng sali-salita.

Alam ko'ng kaya ganon ang iniasal ni Taguro dahil iniisip niya ang mararamdaman ni Heurt. Kaya naman sang-ayon ako sa iniasta niya.

"M-Mauuna na rin ako. Kailangan ko ng umuwi dahil may mga a-alaga rin ako sa bahay, bukas ng umaga ay babalik rin ako.. k-kung ayos lang sa'yo." halata'ng nahihiya'ng baling ni Heurt kay Taguro. Nilingon ko naman si Taguro at blangko ang reaksyon sa mukha niya.

"Mmm, sige." tatangu-tango'ng tugon ni Taguro kasunod ng pilit na ngiti. Lumawak naman ang mga ngiti sa mukha ni Heurt.

Ramdam ko pa rin ang pagka-ilang sa pagitan nila lalo na sa parte ni Heurt pero nasisiguro ko'ng mawawala rin 'yon.

"Mauna na 'ko.. Babalik na lang bukas.." baling naman sa'kin ni Heurt.

"Ingat po kayo, late na.." sagot ko.

"Mmm, salamat.." aniya pa at tumingin muna kay Taguro saka ngumiti bago umalis.

Pareho kami'ng nakatingin ni Taguro sa pinto hanggang sa isara 'to ni Heurt.

Saka ako tumingin kay Taguro pero kay Maxrill siya nakatingin.

"Tss, kaya hindi lumalaki e.. kung saan saan isinusuksok ang sarile.." bubulong bulong pa'ng sambit ni Taguro kaya nilingon ko naman si Maxrill.

Natawa rin ako ng bahagya sa itsura ni Maxrill.

Nasa mahaba siya'ng sofa pero nakabaluktot siya'ng matulog.

"Matulog ka na.."

"H-Ha?" utal na tanong ko pa sa sinabi niya.

"Matulog ka na." pag-uulit niya pa.

"M-Maliligo muna ako." sabi ko pa na mabilis na hinila ang bag na dala ko.

Inilabas ko mula doon ang mga gamit ko at saka ko isa-isa'ng isinalansan ang mga gagamitin ko.

"Handa'ng handa ka ah? Plinano mo talaga'ng matulog dito?"

"Oo naman yes!" nakangiti'ng sagot ko pa sa kaniya. **"Mamamatay yata talaga ako kapag hindi kita nakita'ng okay.."** seryoso'ng dagdag ko pa at nangiti naman siya.

"Maging ganito na 'ko, 'wag lang ikaw.."

"Tch! At sa tingin mo ay matatahimik ako ng gan'yan ang lagay mo?!"

"Wala ka nama'ng magagawa."

"Oo, kasi mayabang ka!"

"Maligo ka na.."

"Tch.." singhal ko sa kaniya at saka tumayo at kinuha ang mga gamit ko.

"D'yan ka muna.. kausapin mo 'yung mga lobo.. Hehehehehe!"

"Hindi ako baliw na tulad mo.."

"Edi hintayin mo'ng 'yung mga lobo ko ang kumausap sa'yo! Manhid! Wala'ng pakiramdam!" panunumbat ko pa sa kaniya at inismiran niya lang ako.

Ngunguso-nguso naman ako'ng pumasok sa banyo at saka naligo.

Makakasama ko na naman si Taguro---bwahaahaha!'

Mababantayan ko siya'ng matulog!

Makikita ko rin siya'ng tulog!

Makikita ko siya paggising!

Baliw na talaga ako! Hahahhaha! E masisisi mo ba 'ko, Taguro?! Kung ikaw na ang pinaka-kakaiba'ng babae'ng nakilala ko?! Tsk tsk tsk!'

Nakangiti ako'ng naligo. Nakangiti rin ako'ng nagsipilyo. Nakangiti ako hanggang sa pagbibihis ko.

Pero nawala ang mga ngiti ko nung makita ko'ng nakapikit na siya paglabas ko!

A-Ang bilis nama'ng makatulog nito?! Para iilang minuto lang ako'ng nawala sa paningin niya ah!

"Tch! Napakasweet mo talaga! Kung ako ang nasa lagay mo.. puyatan 'to!" inis pa'ng bulong ko.

"Dinig kita, ulul." sagot niya at lalo'ng nanlaki ang mga mata ko!

Dali-dali ako'ng lumapit sa kaniya at tinuktok ang noo niya!

"A-Ano'ng ulul, ha?! 'Yan ba ang dapat na tawag sa pinakamamahal mo'ng lalaki?!" inis pa'ng tanong ko. Iminulat naman niya ang mga mata niya.

"Yabang lang.." bigla'ng ngiti'ng aniya pa! Pero inis pa rin ako'ng tiningnan siya!

"Ngayon mo lang ako sinabihan ng ganiyan! Ang sweet mo, Taguro!"

"Ang gwapo mo.." nakangiti'ng sagot niya pero hindi ako nagpatinag!

Nabadtrip talaga ako!

Tch! Hindi porket astigin ka ay mumurahin mo na lang ako basta basta! Nasasaktan rin ako sa ganon! Tsk!

Hindi ko siya sinagot at inis ako'ng tinalikuran siya!

Pinunasan ko na lang ang buhok ko habang nakatalikod pa rin sa kaniya.

"W-Woi, biro lang e.." dinig ko'ng aniya pa.

"Tch!"

"Binibiro ka lang e---"

"Ngayon ka pa talaga nagbiro?!" pigil ko sa kaniya nung harapin ko siya! **"Sinasagad mo talaga ang pasensya ko e!"**

"I-Inano kita?!" nakanguso'ng tanong niya!

"Inano.. inano.. Tch! Hindi ba't panay ang pagpapacute mo kay Randall kanina?! E kung pag-umpugin ko kayo'ng dalawa?! Tapos

ako, lalambingin mo na lang---hirap na hirap ka pa! May pa-ulul ulul ka na rin sa'kin ngayon! Ang sweet mo! Sobra!"

"Tss.. 'wag ka nga'ng maingay! May natutulog!" nguso niya pa kay Maxrill at padabog ko nama'ng iniupo ang sarili ko sa single sofa'ng nasa tabi pa rin ng kama niya.

Inis ako'ng ipinagpatuloy ang pagpupunas sa buhok ko ngunit natigilan lang ako nung ilahad niya ang kamay niya.

"Tch! Ano na naman 'yan?!" inis na tanong ko na tumingin pa muna sa kamay niya bago sa kaniya.

"Dito ka sa tabi ko." seryoso pa'ng yaya niya.

"E bakit kanina---hindi mo ko ginanyan?!"

"May iba'ng tao e.."

"Tch! Nanay mo 'yon!"

"Iba pa rin siya sa'yo."

"Malamang! Nanay mo 'yon e!"

"Sabi ko naman sa'yo, sa'yo ko lang dapat ipakita ang pa---"

"Oo na! Oo na! Hindi mo ko madadaan ngayon sa pagpapasweet mo'ng *'pilit'* lang naman! Tch! Matapos mo 'kong sabihan ng *'ulul'* lalambingin mo ko!? Wow ka!"

"Dito ka na.." marii'ng yaya niya pa.

"Ayoko!"

"Napaka-tampuhin nito.. binibiro ka lang e.." nakanguso pa'ng aniya.

"Hindi kasi maganda ang biro mo!"

"Babe.."

"Oh!?" inis pa ri'ng tugon ko.

"Babe.."

"A-Ano!"

"Dito ka na.."

"Ayoko!"

"Tss! Pucha, daig mo pa babae, ah!?"

"Wooow! At ikaw pa ngayon ang galit?!" inis na tanong ko at saka inis na itinuro 'yung mga lobo'ng hugis puso! **"Nakikita mo ba ang mga 'yan?!"** at saka ko itinuro ang mga nasa sahig na lobo! **"Nakikita mo ba lahat 'yan?!"**

"Oo.."

"Ano'ng tawag d'yan sa mga 'yan?!" inis pa'ng tanong ko sa kaniya at saka nakanguso'ng nilingon ang mga 'yon!

Matapos lingunin lahat 'yon ay saka siya inosente'ng tumingin sa'kin! Tinanguan ko pa siya, senyales na inaantay ko ang sagot niya!

"Panunumbat.."

"A-Ano?!" 'di makapaniwala pa'ng tanong ko!

"Panunumbat lahat ang tawag d'yan! Tss.. dito ka na sa tabi ko!" sigaw pa niya at mas nanlaki ang mga mata ko!

"Ayoko pa rin! Hindi mo ko madadaan sa kagaganiyan mo!"

"Tss.. Babe.." paglalambing niya pa pero mas naggalit-galitan ako pero nababadtrip talaga ako!

Siya lang ang babae'ng sinasabihan ako'ng ulul ng ganon ganon lang!

"S-Sige.. M-Matutulog na lang ako.." malungkot ang tono'ng dagdag niya at palihim ko nama'ng tinignan siya. **"Hindi mo na 'ko mahal e---matutulog na lang ako.."**

"Tch! Hindi bagay sa'yo!" inis na singhal ko sa kaniya pero nilingon niya ako at ang lungkot lungkot talaga ng mga mata niya!

"May saksak ka na't lahat.. iniwan ka pa ng tao'ng mahal mo.." malungkot na sambit niya pa at tumindig naman ang mga balahibo ko!

"Wahaha!!" malakas na tawa ko!

"Tapos.. babalewalain ang mga panlalambing---"

"Sige na, sige na.." pigil ko sa kaniya at saka ako tumayo at naupo sa kama niya. **"Hehehehehehe! Alam mo nama'ng hindi kita matitiis e.."** malambing na dagdag ko pa at ngumiti naman siya.

"Wala ka pala e.." hamon pa niya at nanlaki na naman ang mga mata ko! **"Biro lang, hehehehehe!"**

"Tch! Akala mo, limot ko na 'yung kay Randall!? Hindi!"

"Kalimutan mo na 'yon.."

"A-Ano daw?! Isusunod niya ang pangalan ng anak nila ni Noona sa'yo?! Edi nagkaron pa 'ko ng pamangki'ng hambog!"

"Ayaw mo 'nun?"

"Ayoko! Gusto ko.. kung magkakaron man ako ng kamag-anak na hambog---yun e ang magiging anak ko.. sayo!"

"Tss.. Sige, nang masopla ka rin ng Lolo mo.."

S-Sopla?! WTF?

"Ni hindi ka nga makapengol ke Chairman Enrile, hahahaha!" dagdag niya pa!

Pengol?! WTF?!

A-Ano ba'ng mga sinasabi niya!?

"Parang andami-dami'ng nangyari nito'ng mga nakaraang araw.." bigla'ng seryoso'ng sambit niya at napatingin naman ako sa kaniya. Napabuntong-hininga pa siya bago muli'ng nagtuloy sa pananalita. **"Parang pagod na pagod tuloy ako.."**

"Edi magpahinga ka.." malumanay na tugon ko.

"Eto 'yung klase ng pagod na hindi basta basta mawawala sa pahinga, Sensui.."

"Bakit naman?"

"Apektado ang buo ko'ng pagkatao.." bigla'ng lungkot na dagdag niya. **"P-Parang gusto ko'ng hilingi'ng ipanganak na lang sana ulit ako bilang iba'ng tao.."**

"P-Pano naman ako?" nakanguso'ng tanong ko at nilingon niya naman ako.

Nagtama ang paningin namin at wala muna'ng nagsalita.

Ramdam ko ang lungkot ko at nakikita ko naman ang lungkot niya.

Muli siya'ng bumuntong-hininga at saka kumurap pa.

"Ikaw pa rin ang gusto ko'ng makasama, kesehoda'ng baby pa lang ako at malaki ka.." natatawa'ng dagdag niya at napangiti naman ako.

"Pwede ba ko'ng matulog dito sa tabi mo?" nakangiti'ng tanong ko at ngumiti naman siya.

"Oo naman.." sagot niya at napangiti naman ako. Inihiga ko ng ayos ang katawan ko na bahagya'ng mas mataas sa kaniya. Isinandal ko ang ulo niya sa balikat ko'ng nakaakbay sa kaniya.

"Sabi ko dati.. sa susunod na gigising ka sa tabi ko, asawa na kita.." malumanay na dagdag ko. **"Pero ngayon, gigising ka lang sa tabi ko.. sa ospital pa! Tch! Buti sana kung bago'ng panganak ka.. Hehehehehehehe! Nang isa'ng malusog at gwapo'ng gwapo'ng Baby Enrile! Hehehehehe!"**

"Tsk tsk tsk.. D'yan.. D'yan! Panigurado'ng sa ganiyan rin nagsimula si Randall! Kai-imagine!"

"A-Anak ng.. R-Randall na naman!" inis na singhal ko at natawa naman siya! **"H-Hindi ka ba talaga makakatiis ng hindi mo binabanggit ang pangalan ng lumpo'ng 'yan!?!"**

"Tss.. lumpo ba si Randall!?"

"Hindi! Pero malapit na! Isa'ng banggit mo pa ng pangalan niya! Malulumpo talaga siya!"

"Napakaseloso mo naman.."

"Dahil nagpapaselos ka!"

"Tss.. hindi kita pinagseselos, bakit ko naman gagawin 'yon?"

"Taguro, 'yung padikit dikit mo lang na ganon kay Randall---nagseselos na ko."

"Correction, hindi *'ako'* dumidikit kay Randall.. Pangalawa, oo ex ko siya pero parang-awa mo naman, matatali na sa kapatid mo 'yung tao!" animo'ng nakikiusap pa'ng tono niya na tiningala pa ako! **"Pangatlo! Alam mo naman kamo'ng ikaw ang mahal ko---bakit umaarte ka pa ng gan'yan?!"**

"Tch!"

"H'wag mo kasi'ng ikumpara ang sarili mo kay Randall para 'di ka nagseselos---"

"Hindi ko kinukumpara ang sarili ko sa kaniya dahil alam ko'ng lamang na lamang ako sa kaniya! Hindi lang talaga ako basagulero'ng tulad niya!"

"Pero 'yung basagulero'ng 'yun pa ang nakatulong sa'kin, Sensui.."

"'Yan! Tulad n'yan! 'Yang mga ganiya'ng panunumbat mo---sino'ng 'di magseselos d'yan?! Tch! Porket mas marunong siya'ng sumapak sa'kin---mas nakatulong na siya?! Edi kayo na ang bida sa bakbakan! Pakshet!"

"Oo nga, pero ikaw ang mahal ko.. 'Di ba?"

"Tch!"

"'Di ba?!" pag-uulit niya ng tanong niya.

"Oo na!" kunwari'ng sang-ayon ko at nangiti naman siya.

"Ang bango mo.."

"Malamang, bago'ng ligo ako e! Ikaw?! Amoy kemikal ka!"

"Edi sige, maliligo rin ako---"

"Hindi na!" pigil ko sa kaniya at saka ko siya niyakap. **"Kahit pa ano'ng amoy mo, mahal kita! Hehehehehehehehehehe!"**

"Kahit hindi ako magsipilyo??" nanunukso'ng tanong niya.

"Kahit hindi ka magsipilyo!"

"Kahit hindi ako maligo??"

"Kahit hindi ka maligo!"

"Kahit putukin ko isa-isa 'yang mga lobo mo??"

Natigilan ako at nakanguso'ng tumingin sa kaniya!

"E kung ipakain ko sa'yo lahat 'yang lobo ko?!" inis na tanong ko sa kaniya.

"Biro lang.."

"Ang papangit ng biro mo, kahit kailan, no?"

"Tss.." singhal niya at nahiga ng ayos sa balikat ko. **"Matulog na tayo.. late na.."**

"Sige na, matulog ka na.." sagot ko pa na hinaplos haplos pa ang buhok niya.

"Pumasok ka na sa martes ah?"

"Tsk.. gusto pa nga kita'ng kasama.."

"Magagalit ang Mommy mo.."

"Pero sa huli, maiintindihan rin niya."

"Basta, pumasok ka na.."

"S-Sige, dadaanan na lang kita dito ng lunch time at sa pagkatapos ng klase.." sagot ko at 'di na siya kumibo.

Maya maya pa.

"Taguro.." tawag ko sa kaniya.

"Mmm??" parang inaantok pa'ng tugon niya.

"Alam mo ba kung gano kita kamahal??" tanong ko pa.

"Hinde.."

"Gusto mo ba'ng malaman??"

"Hinde rin.."

"Tsk! Seryoso ang tanong ko e!" inis na sagot ko na sinilip pa ang mga mata niya pero nakapikit na talaga. Mahahalata mo'ng tulog na talaga siya. **"Taguro..??"**

"M-Mmm??" pilit na sagot niya at napangiti naman ako.

Ang cute cute niya..

"G-Gusto kita'ng halikan.." mahinang sabi ko pa pero hindi na siya nagsalita pa. **"Taguro..??"** bulong ko pa at 'di na siya sumagot pa kaya mas napangiti ako. **"Mahal kita, Taguro.. Pero hindi ko akalai'ng mas mamahalin pa kita.."** nakangiti'ng dagdag ko at nagulat naman ako nung bigla'ng *NGUMITI* siya! **"G-Gising ka pa?!"**

"I love you too.." nakangiti'ng tugon niya at 'di ko na napigilan pa ang sarili ko.

HINALIKAN KO SIYA.

Isang marii'ng halik sa labi niya ang iginawad ko.

Ramdam na ramdam ko naman ang madii'ng kapit niya sa t-shirt na suot ko.

Napangiti pa ako habang magkalapat ang mga labi namin dahil ramdam ko'ng kabado siya.

Nung bitiwan ko ang labi niya ay pareho kami'ng naghabol ng hininga.

"Tsup!" isa'ng mabilis na halik pa ang muli ko'ng ginawa bago nakangiti'ng humarap sa kaniya. **"I love you.."** sabi ko pa pero ngumiti lang siya at saka pumikit na.

Dahan dahan ko'ng inalis ang braso ko mula sa pagkakaakbay sa kaniya at iniayos siya sa paghiga. Iniayos ko rin ang kumot niya sa paanan niya. At saka ko siya tinitigan.

Kahit isang libo'ng magaganda'ng babae pa yata ang tingnan ko, ikaw pa rin ang laman ng puso ko, Taguro.

Muli ko'ng inilapit ang mukha ko at hinalikan ang pisngi at noo niya.

"Don na 'ko sa sofa matutulog, Babe.. Baka kasi kapag dito pa 'ko natulog e makasanayan mo't hanap hanapin mo ko.. Hehehehehe!" biro ko pa saka muli'ng hinalikan ang noo niya. **"Mahal na mahal kita, Taguro.."**

OceanofPDF.com

CHAPTER 160

DEIB'S POV

"Deib.."

"Deib..??"

"M-Mmm??" ungol ko pa.

"Deib.."

Dinig ko ang munti'ng boses ng isa'ng babae.

Pero ultimo'ng diwa ko ay sabik pa'ng magtuloy sa pagtulog, kaya naman sa kabila ng pag-ungol ko'ng 'yon ay nakatulog muli ako.

"Deib.." pag-uulit niya at naramdaman ko na ang marahang pag-uga niya. **"Deib, gising na si Tob.."**

NAPABALIKWAS AKO NG BANGON!

Gulat ako'ng napatingin sa pinanggalingan ng boses na 'yon!

"M-Michiko.." naiusal ko.

"Gising na si Tob.." pag-uulit niya pa. Bakas ang magkahalong tuwa, lungkot, puyat at pagod sa itsura niya.

"T-Talaga?!" hindi makapaniwala'ng tanong ko at naluluha'ng napatango naman siya! **"B-Buti naman.."**

"Tara na.." yaya niya at maglalakad na sana ako nung mapalingon ako sa kama ni Taguro.

WALA SIYA!

Hindi ko maintindihan ang bigla'ng naramdaman ko.

Nagulat ako pero *KINAKABAHAN* ako!

"Nasan si Taguro---"

"Halika na, hinihintay ka ni Tob.." pigil sa'kin ni Michiko kaya naman iiling-iling pa'ng napasunod ako sa kaniya.

Baka nandoon si Taguro.. Tch! Hindi man lang ako ginising!

Halos patakbo kami'ng naglakad ni Michiko papunta sa ICU.

Masaya'ng sinalubong kami ng parents at grandparents ni Tob pero hindi ko na sila naisa-isa pa'ng kausapin. Agad ako'ng tumakbo papalapit kay Tob.

Ang lahat ay halos naiiyak sa tuwa!

Hindi ko naman napigilan ang sarili ko'ng maging emosyonal nung tuluyan ko'ng makalapit sa kaniya.

"Tobiii!" malakas na sigaw ko pa nung makita ko'ng bagaman mukha'ng hina'ng hina ay nakadilat nang talaga siya!

Ramdam ko ang mabilis na pangingilid ng mga luha ko!

"D-Deib.." hina'ng hina pa'ng usal niya. Hindi ko napigilan ang sarili ko'ng lumapit ng todo sa kaniya at bahagya'ng mapahawak sa braso niya.

"B-Buti, dre.. n-nagising ka na!" naluluha munit masaya'ng sagot ko pa at ngumiti siya.

"P-Pucha, w-wala man lang g-gumising sa'kin.." biro pa ni Tob at natawa naman kami.

"Hahaaha!" malakas na tawanan namin.

"A-Ang sabi ng d-doktor ay m-malaki'ng milagro ang paggising niya ng ganito'ng kaaga.." mahina'ng sambit ni Michiko at nilingon ko naman siya. **"I-Inaasahan naman nila'ng gigising pa siya pero.. h-hindi ganito'ng ka-aga.."** dagdag niya pa at napalingon naman ako kay Tob.

"H-Hindi mo alam dre, kung gano mo kami napasaya.. L-Lalo na 'ko.." naluluha na talaga'ng dagdag ko. **"A-Akala ko h-hindi ka na gigising! H-Hindi ko kaya'ng mawalan ng i-isa'ng luko-luko'ng tulad mo sa buhay ko.."** at kusa'ng tumulo ang luha ko.

"A-Anak ng.. g-gumising n-na't lahat.. i-iniiyakan ka pa.. B-Bading ka talaga.." natatawa munit naluluha ri'ng sagot ni Tob at nangiti naman ako sa kaniya.

"A-Akala ko kasi iiwan mo na kami e.."

"P-Pakyu.. H-Hahahaha! H-Hindi ko pa nga n-napapakasalan si M-Michiko e.." pilit ang ngiti'ng aniya pa na sumulyap kay Michiko na naiiyak sa tuwa.

"I-Ikaw talaga, Tobi ah! B-Bumangon ka muna d'yan bago ka magparinig.." nakanguso'ng biro pa ni Michiko kay Tob.

"Hahahahahahaha!" nagtawanan na naman kami at niyakap ko'ng muli si Tob! **"Namiss kita, dre.."**

"N-Naaay.. B-Bading na b-bading.. U-Umalis ka d'yan, loko! H-Hindi ako m-makahinga---"

"S-Sorry." sabi ko pa at saka ko pinunasan ang mga luha ko. **"K-Kumusta ang pakiramdam mo??"**

"O-Okay naman.. M-Medyo nanghihina l-lang.."

"Wala na ba'ng masakit sa'yo?"

"W-Wala naman.."

"Sigurado ka?"

"P-Pucha, p-parang ayaw mo pa ah!? I-Ikaw kaya ihiga ko d-dito ha, E-Enrile??" nakangisi'ng pang-aasar niya pa.

"Hahahahaha! Ikaw talaga.. Nakukuha mo pa ri'ng magbiro sa kabila ng nangyari sa'yo! Tsk tsk! 'Yan ang kaibigan ko!" papuri ko pa sa kaniya at saka kami naghawak ng kamay.

"B-Buti pa si D-Deib, umiyak.. E-Eto'ng si Lee, p-pucha h-hangga'ng dito.. P-Panay ang a-alcohol!" nakanguso'ng pang-aasar pa ni Tob kay Lee at natawa naman kami'ng lahat na nandoon. **"A-Ano, picture perfect?? H-Hindi ka pa rin ba m-matigil d'yan sa k-kalilinis mo sa k-kamay mo, L-Lee?"**

"Tsh! Ilang araw mo rin kami'ng pinag-alala, Yanai.." sabat ni Lee.

"N-Naaayy.. N-Namiss mo rin ako?? B-Bading ka na rin??" natatawa'ng tanong niya pa kay Lee.

"Loko.." natatawa'ng sagot lang ni Lee.

"B-Bakit naka-uniform ka? I-Ito'ng m-moko'ng na 'to ay h-hindi?" hirap pa'ng tanong ni Lee.

"Hindi ako pumasok.." nakangiti'ng kwento ko.

"B-Bakit? K-Kumusta na pala k-kayo??" tanong pa ni Tob.

"Okay naman kami'ng lahat.. Ikaw na lang talaga ang hinihintay nami'ng magising.. Hindi mo talaga alam Tob kung ga'no ako'ng kasaya ngayo'ng gising ka na!" tuwa'ng tuwa'ng pag-uulit ko. **"Pucha, kahit asarin mo ko ng asarin ngayon, dre! Ayos lang! Hahahaha!"**

"H-Hahahahahah! H-Hintayin mo'ng l-lumakas ako, dre.. A-Asar talo ka sa'kin.." masaya pa'ng sagot ni Tob. At doon lang ako napatingin kila Lee.

"Pa'no niyo nalama'ng gising na si Tob?" tanong ko pa. **"Pucha, naunahan niyo pa ako, ah?"**

"Si Michiko, naiwan rin siya dito at hindi pumasok.." sagot ni Parrot at napatango naman ako. **"Itinawag niya sa'min, kaya pumunta kami agad dito."**

"I-Ikaw? B-Bakit hindi ka p-pumasok? 'W-Wag mo s-sabihi'ng b-binantayan mo rin ako??" natatawa pa'ng tanong ni Tob at don lang ako natigilan!

Si Taguro!

Nawala siya sa isip ko!

Mabilis ako'ng napalinga sa kabuuan ng kwarto niya at bukod kina BJ, Migz, Lee, Parrot, Michiko, Mommy't Daddy ni Tob, Lolo't Lola ni Tob at yung dalawa'ng nurse ay wala ng iba'ng tao!

"N-Nasan si Taguro?" tanong ko sa sarili. At saka ako lumingon kay Parrot! **"N-Nasaan si Taguro??"** tanong ko sa kaniya at inosente naman siya'ng tumingin sa'kin.

"H-Hindi ba't kasama mo sa kwarto?" nakanguso'ng sagot niya pa at taka naman ako'ng napatingin kay Michiko.

"W-Wala siya doon kanina nung gisingin mo ko, 'di ba??" pilit pinapakalma ang sarili'ng tanong ko kay Michiko.

"W-Wala nga.." taka'ng sagot rin ni Michiko.

Hindi ko maipaliwanag ang biglaa'ng pagbilis ng tibok ng puso ko!

"S-Saan naman kaya pumunta 'yon?" mahina pa'ng tanong ko.

"Hindi mo ba kasama??" tanong pa ni Migz at umiling naman ako. **"Magkasama kayo, 'di ba?"**

"K-Kagigising ko lang kasi.. Hindi ba kayo dumaan don sa kwarto niya kanina?" tanong ko pa at umiling rin agad siya.

"Pumunta lang kami ni Migz dito nung itawag ni Michiko kay Naih na gising na si Tob. Sabay sabay kami'ng pumunta at dito na rin agad kami dumeretso." seryoso'ng paliwanag pa ni BJ at mas kinabahan ako.

"Bakit?" tanong ni Tob at napatingin naman ako sa kaniya.

"D-Dre, b-babalikan kita mamaya, ha??" baling ko pa kay Tob.

"B-Bakit, s-san ka p-pupunta??"

"B-Basta, babalikan na lang kita mamaya. K-Kayo na muna'ng bahala kay Tob, hahanapin ko si Taguro---"

"Deib.." pigil pa sa'kin ni Tob pero hinawakan ko na lang siya sa kamay at braso at saka ako dumeretso papalabas.

S-Saan naman kaya pumunta 'yon

Hindi ko maipaliwanag ang pakiramdam ko. Pilit ko pa'ng inalala ang kabuuan ng kwarto bago namin iwan 'yon ni Michiko.

K-Kung hindi ako nagkakamali ay w-wala na halos laman ang kwarto bago namin iwan ni Michiko kanina.

Naghahalu-halo ang nararamdaman ko.

Natatakot ako at hindi ko alam kung bakit!

Hindi ko maipaliwanag ang *KABA*'ng nararamdaman ko.

H-Hindi 'to normal sa'kin e.. H-Hindi 'to tulad nung kaba na naramdaman ko n-nung nasa gulo kami.. A-Ano'ng nangyayari sa'kin?

Dumeretso ako sa station at kinausap ang mga busy'ng nurse doon.

"Nurse, excuse me??" tawag-pansin ko.

"Yes, Sir?" tugon ng isa.

"Nasaan na 'yung pasyente sa kwarto'ng 'yon?"

"Nakauwi na po, Sir.."

"H-Ha?"

"Nakauwi na po.."

Natigilan ako sa sinabi niya at wala sa sarili'ng napaatras!

Mabilis ako'ng bumalik sa kwarto ni Taguro at iginala ang mata ko.

Dahan dahan ako'ng pumasok doon. Iginala ko ang paningin ko sa kabuuan ng kwarto.

Pero wala talaga ako'ng makita'ng Taguro!

W-Wala rin si Maxrill..

Mabilis ako'ng lumabas at saka ako pumunta sa kwarto ni Maxwell. Binuksan ko agad ang pinto.

"M-Maxwe----"

WALA RI'NG TAO!

"N-Nasaan na ang mga 'yun?!" inis pa'ng bulong ko. Isinara ko ang pinto ng kwarto ni Maxwell.

"A-Ahh, Sir, wala na po ang mga tao d'yan.." may nagsalita sa likuran ko at agad ko namang nilingon 'to. Isa'ng orderly. **"Nakauwi na po ang mga pasyente sa kwarto'ng 'yan at sa isang 'yon.."**

Hindi ako makapaniwala sa narinig ko!

"A-Ano?!" gulat pa'ng tanong ko.

"Nakauwi na po ang mga pasyente---"

"Pati 'yung babae'ng nandoon sa kwarto'ng 'yon?!" gulat na tanong ko na itinuro pa ang kwarto ni Taguro. **"Sigurado ka?"**

"Opo. Kayo po 'yung natutulog sa kwarto niya kanina, hindi ba po? Hehehehe. Ang habilin niya ay h'wag kayo'ng gigisingin---"

Hindi ko na siya pinatapos magsalita at agad ako'ng tinalikuran siya!

Mabilis ako'ng naglakad pabalik sa kwarto ni Taguro!

W-Where the hell are you!? B-Bakit ako kinakabahan ng ganito, Taguro?!

Nagsisimula'ng manginig ang mga kamay ko at lalo'ng bumibilis ang tibok ng puso ko!

Pinasok ko'ng muli ang kwarto ni Taguro.

Sa loob loob ko ay hinihiling ko'ng..

S-Sana panaginip lang ang lahat ng 'to..

Pero nakukunsensya rin ako dahil kung panaginip lang 'to, naiisip ko si Tob.

"N-Nasaan ka na!" inis talaga'ng sambit ko! Inis ko'ng iginala pa'ng muli ang paningin ko sa buo'ng kwarto!

Malinis.

Malinis na malinis.

Wala na ang mga lobo.

Maayos na ang kama. Bakante at nakapatay na ang ref. Wala na rin maski isang gamit ang nakapatong pa sa side table. Tangi'ng mga gamit ko na lamang ang nakikita ko'ng nandoon.

Wala ng mga gamit.. Wala rin si T-Taguro..

Hindi ko maintindihan kung bakit nanlulumo ako.

"N-Nasaan ka, Taguro??" taka'ng taka'ng tanong ko pa sa sarili ko.

Naglakad ako papunta sa C.R. at binuksan ang pinto niyon pero wala rin nama'ng tao. Napahawak ako sa batok ko at saka inilabas ang cellphone ko. Idinial ko ang number ni Taguro.

"Please answer the phone.." kabado pa'ng bulong ko.

"The number you have dialled is out of coverage area. Please try again later."

"The number you have dialled is out of coverage area. Please try again later."

Ibinaba ko ang linya at saka muli'ng nagdial!

"A-Ano ba!" inis na sigaw ko sa cellphone ko! At saka muli'ng napatitig sa kama! **"N-Nasaan ka ba, Taguro?! K-Kinakabahan na ko.."** mahina pa'ng bulong ko.

Nanatili ako sa kinatatayuan ko at saka huminga ng malalim. Pumikit ako at pinakiramdaman ang sarili ko.

Pilit ko'ng pinapahinahon ang isip ko.

W-Wala ako'ng maalala'ng mali.. W-Wala ako'ng maisip na mali.. B-Bakit wala si Taguro dito? S-Saan siya nagpunta?! B-Bakit pati si Maxwell ay wala!? N-Nasaan na ba kayo?!

Hindi man lang nabawasan ang kaba sa dibdib ko!

B-Bakit siya umalis ng h-hindi man lang nagsasabi sa'kin?!

Kung anu-ano'ng tanong ang pumapasok sa isip ko!

"S-Si Randall!" sambit ko pa.

Agad ako'ng lumabas sa kwarto'ng 'yon at mabilis na tinahak ang daan papunta sa kwarto ni Randall!

Para ako'ng nakahinga ng maluwang nung makita ko'ng pareho pa sila'ng tulog ni Noona!

Nandoon rin si Keziah at may kasama pa'ng isang nurse!

"K-Kez.." mahina'ng tawag ko pa dito at gulat naman ako'ng nilingon nito.

"Oh, Deib?" si Kez.

"T-Tulog pa ba sila?" tanong ko pa kunwari habang nakatingin sa nurse na abala sa pag-aasikaso kay Randall.

"Mmm, gigisingin mo na ba?" tanong niya pa.

Magkatabi sina Randall at Noona sa malaki'ng kama'ng 'yon ni Randall.

Hindi ko na sinagot pa si Keziah at lumapit na agad ako kay Noona.

"N-Noona.." panggigising ko pa sa kaniya pero hindi siya kumibo. Napalunok pa ako at saka ko inuga si Noona. **"N-Noona, gising.."**

"M-Mmm??"

"Wake up.." panggigising ko pa at nagmulat naman ang mga mata niya. Kinusot niya pa ang mga mata niya at saka luminga linga sa paligid.

"M-Mmm.. G-Good morning.." bati niya nung makita si Kez.

"Good morning, late na.." nakangiti pa'ng sabi ni Kez. **"Chini-check ko lang siya.."** sabi pa ni Kez.

"Thanks.." nakangiti'ng tugon ni Noona at saka pilit na tumayo at bumaling sa'kin. **"What is it, Deib?"**

"Si T-Taguro??" tanong ko!

"Huh?"

"Si Taguro---nakita mo ba siya?"

"Huh?? Kagigising ko lang, 'di ba??" taka pa'ng tanong niya at doon naman kumilos si Randall na nagising. **"Good morning, Hon.."** nakangiti'ng bati pa sa kaniya ni Noona at nangiti naman si Randall.

"Morning---"

"Randall.." pigil ko sa kaniya at gulat naman siya'ng nilingon ako.

"Oh? Deib.." bago'ng gising pa'ng tanong niya.

"Si Taguro.. h-hindi ko siya makita.." nasabi ko na at gulat naman sila'ng nilingon ako maliban sa nurse na nandoon.

"Ha?" taka pa'ng tanong ni Randall at 'di ko na napigilan ang sarili ko'ng ipakita ang pag-aalala ko!

Napahawak ako sa noo ko at saka iiling-iling na naihawak pa sa bandang likuran ko ang isa'ng kamay ko.

"K-Kanina ko pa siya hinahanap e.. H-Hindi ko siya makita!" pigil ang emosyo'ng tugon ko pa.

"Paano'ng hindi makita?" taka'ng tanong pa ni Randall at napailing naman agad ako.

"H-Hindi ko nga alam---kanina ginising ako ni Michiko dahil gising na si Tob.. H-Hindi ko na napansin si Taguro kasi.. n-nagmadali ako'ng pumunta kay Tob.. N-Nung maalala ko si T-Taguro, h-hindi ko na siya makita. Wala na sila ni Maxrill sa kwarto niya." nag-aalala'ng kwento ko pa at bakas naman ang pagkagulat sa mga mata nila. **"K-Kahit si Maxwell ay wala na rin sa kwarto niya at s-sabi nung orderly ay n-nakauwi na.. Umuwi na daw sila! B-Bakit hindi man lang siya nagpaalam sa'kin na uuwi na siya?!"** hindi pa makapaniwala'ng tanong ko at napabalikwas naman ng bangon si Randall.

"Excuse me.." sabi pa ni Randall sa nurse at saka bumaling sa'kin. **"Sigurado ka??"**

"O-Oo.." sagot ko na tumingin pa ng deretso sa mga mata niya. Napatayo si Noona at napaharap rin sa'kin. Bakas na rin ang pag-aalala sa mga mukha nila.

"S-Saan naman kaya pumunta ang mga 'yon?" tanong pa ni Randall.

"Baka umuwi lang?" tanong ni Noona.

"P-Pero bakit hindi siya nagpaalam sa'kin?" nag-aalala pa'ng tanong ko. **"Bakit hindi niya ako ginising? Iniwan niya ako'ng mag-isa sa kwarto at si Michiko ang gumising sa'kin. At ang sabi pa nung orderly ay hinabilin daw ni Taguro'ng 'wag akong g-gisingin! A-Ano'ng nangyayari!?"**

"Sinubukan mo na ba'ng tawagan?" tanong pa ni Randall na pilit pa'ng inaabot ang cellphone niya. Hirap na hirap pa siya'ng abutin ito kaya naman mabilis na dinampot ni Keziah ang cellphone niya mula sa side table at iniabot sa kaniya.

"S-Sinubukan ko siya'ng tawagan pero naka-off ang cellphone niya.." kwento ko pa at tumingin lang sa'kin si Randall at nagtuloy pa rin sa pagtawag niya. Nanatili ako'ng nakatingin kay Randall habang nakikinig siya sa linya. Nakatingin ako sa kaniya at umaasa'ng sana ay magring na ang linya ni Taguro.

"Naka-off nga.." mahina'ng sambit pa ni Randall at bigla na naman ako'ng nanlumo! Nanatili siya sa kama niya munit nakabangon ang kalahati ng katawan niya.

"Nurse, nasaan ang mga pasyente sa kabila?" baling ni Keziah doon sa nurse na nandoon rin sa tabi ni Randall. **"Yung mga Del Valle?"**

"Ay, doktora.. Kaduduty ko lang.. Pero ang sabi sa endorsement ay nakauwi na po ang mga Del Valle.." sagot nung nurse at nagkatinginan naman kami'ng lahat! **"Normal naman po ang Vital Signs niyo, Dok Randall. Mauna na po ako."** paalam pa nung nurse at saka lumabas.

Mas kinabahan ako!

B-Bakit siya umuwi ng hindi n-nagpapaalam sa'kin?! Tapos ngayon.. nakapatay pa ang cellphone niya! A-Ano ba'ng nangyari?! B-Bakit ganito bigla?!

Wala sa sarili'ng tinalikuran ko sila Noona, Kez at Randall at saka ako naglakad papunta sa pintuan.

"Where are you going?" pigil pa sa'kin ni Noona pero hindi ko na siya nilingon pa.

"Hahanapin ko si Taguro.." blangko ang emosyo'ng sagot ko at saka ako tuluya'ng lumabas ng kwarto'ng 'yon.

K-Kailangan mo'ng ipaliwanag sa'kin kung bakit kailangan mo'ng umalis ng hindi nagsasabi, Taguro.. S-Siguraduhin mo lang na valid ang reason mo dahil hindi ko alam kung a-ano'ng magagawa ko sa'yo! Badtrip ka!

Dali dali ako'ng bumalik sa kwarto ni Tob.

"Oh, nasaan na si Max??" nag-aalala rin ang tono'ng salubong sa'kin ni Parrot at 'di ko na napigilan ang sarili ko'ng ipakita sa kaniya ang nararamdaman ko. **"D-Deib, okay ka lang?"**

"Hindi.." agad na tugon ko at saka ako tumingin sa mga mata niya. **"H-Hindi ko alam kung a-ano'ng nangyari bigla.. H-Hindi ko siya makita---"**

"H-H'wag ka muna'ng mag-isip ng kung anu-ano, baka u-umuwi lang 'yon, teka tatawagan ko---"

"Nakapatay ang cellphone niya." pigil ko sa kaniya at nag-aalala'ng tumingin naman siya sa'kin.

"B-Baka nagcharge lang? Si Maxwell---tatawagan ko si Maxwell." aniya at nakaramdam naman ako ng lakas ng loob.

Tinitigan ko si Parrot hanggang sa pakinggan niya ang linya. Agad na lumapit sa'min si Lee.

"What's wrong?" mahina'ng tanong pa ni Lee, napailing nama'ng agad ako.

"H-Hindi ko makita si Taguro, n-nag-alala na ko." mahina'ng sagot ko.

"Hello, Maxwell?!"

Sabay kami'ng napalingon kay Parrot nung magsalita siya.

"Sheeet, nagri-ring pa pala." bigla'ng dagdag ni Parrot at saka napapahawak sa labi'ng nagpalakad lakad sa harap ko habang pinakikinggan pa rin ang linya.

"W-Wala pa??" tanong ko at umiling naman si Parrot. Napailing naman ako't napabuntong-hininga. Hindi ko na maipaliwanag ang kakaiba'ng nararamdaman ko talaga.

"Hindi niya sinasagot.."

"Pero nagriring??"

"Oo.." sagot niya at saka nagtuloy sa paglalakad.

Napailing ako at napasandal sa pader na 'yon sa likod ko!

"N-Nasaan ka na ba, Taguro?!" pigil ang inis na singhal ko at naramdaman ko naman ang paglapit ni Lee.

"Deib, ano ka ba? B-Baka umuwi lang si Max.. 'Wag ka nga'ng ganyan magreact.." malumanay na pakiusap ni Lee at umiling na naman ako.

"H-Hindi, Lee. M-May kakaiba ako'ng nararamdaman e.."

"Tulad ng??"

"H-Hindi ko alam, h-hindi ko maipaliwanag.."

"Tsh! Kung anu-ano kasi'ng iniisip mo---"

"Lee, hindi niya ako ginising! Kagabi, kasama namin si Maxrill sa kwarto pero ngayon ay wala na rin siya at ganon na rin si Maxwell! Andami dami ko'ng lobo don pero maski isa ay wala ako'ng makita! Ang linis ng kwarto at wala na ang mga gamit nila! Sarili'ng gamit ko na lang ang nandoon sa kwarto nila!" dere-deretso'ng sagot ko at natigilan naman siya. Napayuko ako sa tuhod ko at saka ko naramdaman ang mabilis na pag-iinit ng mukha ko.

"D-Deib.." tawag pa sa'kin ni Lee pero hindi ko siya tiningnan.

"H-Hindi mo kasi naiintindihan 'yung nararamdaman ko, Lee.. I-Iba 'yung kaba'ng nararamdaman ko ngayon.." pigil ang emosyong dagdag ko pa.

"S-Sorry.."

"A-Alam ko'ng hindi ugali ni Taguro'ng ipaalam ang mga kilos niya pero ang i-isa'ng 'to ay kakaiba.. W-Wala nama'ng nangyari pero bakit b-bigla siya'ng nawala? Hindi rin siya macontact! A-Ano ba'ng nangyari!?" napapahilamos sa mukha'ng sabi ko pa.

"Hindi talaga sinasagot ni Maxwell e? N-Nasaan naman kaya ang mga 'yon??" sabat ni Parrot at nilingon ko naman siya.

"Sweetie, try mo'ng tawagan ang Ate mo.." utos sa kaniya ni Lee. **"Itanong mo kung nandoon si Max.."**

"Sige.." tugon ni Parrot at saka muli'ng nagdial.

"H-Hindi na.." pigil ko sa kaniya at gulat sila'ng nilingon ako. **"A-Ako na lang pupunta sa inyo."**

"P-Pero, Deib.."

"Deib.."

Sabay sabay kami'ng napalingon sa likuran ko at nakita ko si Noona. Nakatingin siya sa'kin at may hawak siya'ng cellphone.

Hindi ko maipaliwanag kung bakit hindi ko maibuka ang bibig ko habang nakatingin ako ng deretso sa mga mata ni Noona at ganon rin siya sa'kin.

B-Bakit ganito ang nararamdaman ko?

Dahan daha'ng bumibilis ng todo ang tibok ng puso ko. Nag-iinit ang gilid ng mga mata ko at pakiramdam ko ay hihinto alinma'ng oras ang paghinga ko.

B-Bakit pakiramdam ko ay h-hindi na kita makikita, Taguro?

Parang nagslow motion ang buo'ng paligid ko.

"U-Umalis na daw si Maxpein.." bigla'ng sambit ni Noona at dahan daha'ng pumatak ang isang luha mula sa kana'ng mata ko.

Natigilan ako at pilit na inuulit sa isip ko ang narinig ko.

U-Umalis na daw si Maxpein..

A-Ano ba ang s-sinasabi niya?! B-Bakit aalis si Taguro?! S-Saan naman siya pupunta?!

"A-Ano ba'ng sinasabi mo?!" inis na tanong ko.

"Umalis na si Maxpein!"

"P-Pero h-hindi pa siya okay..??" patanong na sagot ko. Sarili ko ang tinatanong ko pero na kay Noona ang paningin ko.

"D-Deib.." tawag pa ulit sa'kin ni Noona kaya naman muli'ng tiningnan ko siya. Bakas ang pag-aalala sa mukha niya munit nanatili nama'ng blangko ang mukha ko. **"N-Nakausap ko si P-President Moon, u-umalis na si---"**

"Nagsisinungaling ka." seryoso'ng pigil ko sa kaniya at natigilan naman siya. Bakas ang pagkagulat niya sa mukha ko pero ngumiwi lang ako sa kaniya.

"Hello, Ate?!" bigla'ng sambit ni Parrot at nilingon ko naman siya. **"Nand'yan si Max? H-Ha? W-Wala nga rin e.. H-Hinahanap nga namin siya dito, w-wala siya dito, Ate."** pahina ng pahina'ng aniya pa kaya naman lumapit pa ako sa kaniya para marinig ko siya pero umasta siya'ng ayaw iparinig sa'kin ang sinasabi niya kaya naman mabilis ko'ng hinila ang cellphone sa kaniya! **"D-Deib.."** naiusal niya pa pero tinignan ko lang siya.

"Nasaan si Taguro?" pormal na tanong ko at natigilan naman ang nasa kabila'ng linya.

"S-Sino 'to?!" si Yaz.

"Si Deib 'to, nasaan si Taguro? Nand'yan ba siya?"

"Hindi niyo ba kasama!?"

Nakaramdam ako ng matindi'ng inis!

"Tatanongin ba kita kung kasama ko siya!" malakas na sigaw ko at natigilan siya!

"Excuse me, Ma'am, Sir?? You're not allowed stay here." sita sa'min nung isang nurse at nilingon ko lang siya.

"Shut up.." malumanay na banta ko pa sa nurse at napapahiya'ng napaatras naman ito.

"Apo ng mga Enrile 'yan, ano ka ba! Dito ka na nga!" dinig ko'ng bulong sa kaniya nung kasamahan niya kaya dali-dali 'tong bumalik sa station nila.

"Nasaan si Taguro?" pag-uulit tanong ko kay Yaz.

"Hindi ko nga alam! Wala naman siya dito!" inis pa'ng sagot nito.

"Si Maxwell?! Hindi mo ba siya nakausap?!"

"Hindi! Ang sungit sungit---"

"Bye!" sigaw ko at saka inis na iniabot kay Lee ang cellphone.

"Deib, calm down.." pakiusap pa sa'kin ni Lee pero hindi ko na siya pinansin! Humarap ako kay Noona!

"Sino'ng nakausap mo?" pigil ang emosyo'ng tanong ko kay Noona! **"S-Sino'ng nakausap mo!"**

"Si President Moon!" sagot ni Noona!

"What's happening here?!"

Sabay sabay kami'ng napalingon at nakita namin si Daddy!

"D-Dad.." mahina'ng usal ko pa at siya'ng sulpot naman ni Mommy sa tabi niya. **"M-Mom.."**

"What's going on here?!" salubong ang kilay na tanong ni Dad at napailing naman agad ako at hindi nakasagot.

"N-Nawawala po si Maxpein.." sagot ni Noona sa kanila at agad nama'ng kumunot ang noo ni Daddy.

"Ha??" taka'ng tanong ni Dad. **"Paano'ng nawawala?!"**

"H-Hindi po namin siya ma-contact---bigla na lang po sila'ng umalis dito ng wala'ng nakakaalam, s-sila'ng magkakapatid po.." paliwanag ni Noona.

"Dito na muna tayo sa room, kung wala na sila ay dito na sa kwarto ni Randall. We're not allowed to stay here, nakakaabala sa iba'ng patients.." dagdag pa ni Dad at agad naman kami'ng lumapit sa kanila.

"How's Tob? Balita ko'y gising na siya kaya kami pumunta dito ng Dad niyo." baling sa'kin ni Mommy.

"G-Gising na nga po.." sagot ko.

"How is he?"

"O-Okay naman na daw po siya."

"Pupuntahan ko na lang siya mamaya, pumasok na muna tayo dito." yaya pa sa'kin ni Mommy at saka kami pumasok sa kwarto ni Randall.

Ikinuwento ko sa kanila ang nangyari simula nung gisingin ako ni Michiko hanggang sa ngayon.

"H-Hindi ko alam kung ano'ng nangyari, Mommy." animo'ng maiiyak ng sambit ko pa at naramdaman ko naman ang paghawak niya sa likod ko.

"N-Nasaan naman kaya sila Maxi?" patanong pa'ng tugon ni Mommy.

"G-Gusto ko siya'ng puntahan.." mahina'ng sambit ko at nilingon naman nila ako.

"Saan mo siya pupuntahan?!" inis na tanong ni Noona. **"Deib---umalis na nga daw! Umalis na! A-Ano'ng pupuntahan?!"**

"Noona---hindi pa okay si Taguro! Kaka-opera lang niya! Paano'ng hindi ako mag-aalala!"

"Wala nama'ng nagsasabi sayo'ng mag-alala ka ng ganiyan! B-Bakit ba kasi ganiyan ka'ng magreact---"

"Dahil hindi niya ugali ang ganiyan!"

"D-Deib.." mahina'ng usal pa ni Randall at napatingin naman ako sa kaniya.

"R-Randall.. K-Kung totoo ang sinasabi ni Noona na *'umalis'* si Taguro at *'HINDI'* alam ni Maze kung nasaan siya---gusto ko'ng ako mismo ang makasiguro'ng h-hindi nga siya nagtatago.." paliwanag ko.

"E wala nama'ng nagsasabi sayo'ng pinagtataguan ka ni Maxpein!" singhal ni Randall kaya lalo ako'ng nainis!

"Wala nga! Pero wala rin ako'ng makita'ng dahilan para gumising ako ng wala na siya sa tabi ko! H-Hindi ko alam kung ano ba'ng nangyari at paggising ko ay wala na ako'ng makita maski ano'ng bakas niya! W-Wala ako'ng maalala'ng ginawa ko'ng masama para paggising ko ay hindi ko na siya makita.." nanlulumo na talaga'ng sambit ko pa. **"H-Hindi normal sa'kin ang kabahan ng ganito.. At m-matatahimik lang ako kung ako mismo ang pupunta sa kaniya---"**

"Go ahead.."

Gulat ako'ng naiangat ang paningin ko sa sinabi'ng 'yon ni Mommy.

Nagtama ang paningin namin at bagaman nangingilid na ang mga luha ko'y tanaw na tanaw ko pa rin sa mukha niya'ng *NAIINTINDIHAN* niya ako.

"M-Mom.." mahina'ng sambit ko pa.

"Go ahead, h-hanapin mo siya.." pormal pa'ng dagdag niya at pakiramdam ko ay hinaplos naman ang dibdib ko. Napatayo ako sa kinauupuan ko at saka ako tumingin kay Randall.

"S-Sasamahan kita.." sambit pa ni Randall dahilan para matigilan ang lahat at gulat na lingunin siya.

"H-Hon---ano'ng sasamahan?!" si Noona.

"B-Baka kung ano'ng nangyari kay Maxpein---"

"Sinabi na nga ni Maze na umalis siya---"

"Pero---"

"No! You're staying! Bahala na si Deib na hanapin siya!" pagmamatigas ni Noona at natigilan naman si Randall. **"Hindi mo pa kaya! Papayagan kita kung okay na okay ka na pero hindi ka pa okay! Hindi ka sasama!"**

Hindi na nakaimik si Randall kaya naman napapabuntong-hininga'ng tumingin na lang ako kay Mommy at Daddy.

"B-Babalik rin po ako agad.." mahina'ng paalam ko pa.

"Take care, son." paalala pa ni Dad at pilit na ngiti naman ang isinukli ko sa kaniya.

Mabilis ako'ng lumabas ng kwarto'ng 'yon at agad ko rin nama'ng naramdaman ang pagsunod sa'kin nina Lee at Parrot.

"S-Saan ka pupunta?!" si Lee.

"H-Hindi ko alam.." wala sa sarili'ng sagot ko. **"Sa ngayon.. m-magpapaalam na muna ako kay Tob."**

"Sasamahan kita.." prisinta ni Lee pero hindi ko na siya nilingon at nagtuloy na lang ako sa paglalakad.

"S-Subukan mo ri'ng puntahan sa Mansion---hindi man ako sigurado'ng nandoon 'yon pero, maganda na rin yung subukan mo'ng puntahan.." sabat ni Parrot at nagtuloy na lang ako sa paglalakad.

Pumasok kami'ng muli sa kwarto ni Tob. Nagtatawanan sila kaya naman agad sila'ng natigilan nung makita kami.

"Ano? Nasaan na si Max?" tanong agad ni Migz at hindi ko na siya sinagot. Lumapit agad ako kay Tob. **"Nasaan na ang bakla'ng Max??"** dinig ko'ng bulong pa niya kay Parrot.

"King ina, 'di nga malaman kung nasaan e! Tsk! H-Hindi naman kasi u-ugali nun ang ganon.." dinig ko pa'ng bulong ni Parrot pero itinuon ko na lang ang pansin ko kay Tob.

Tumingin siya sa'kin at bakas ang pagiging seryoso sa mukha niya kaya naman bumuntong-hininga na lang ako at saka pilit na ngumiti sa kaniya.

"D-Dre.. M-Maniwala ka man o hindi---masaya ako.. M-Masaya'ng masaya ako na gumising ka.." panimula ko at hindi naman nagbago ang pagiging seryoso niya. **"Sa ngayon ay g-gusto ko'ng tuluya'ng gumaling ka.. Gusto ko'ng makita kita'ng masaya at nakakatayo na---nakakalakad na.."** tatangu-tango'ng dagdag ko pa. **"P-Pero kasi.. s-sana maintindihan mo'ng.. kailangan ko muna'ng umalis sa ngayon.. h-hahanapin ko si Taguro.."** dagdag ko at nanatili lang si Tob na nakatingin sa'kin.

Bahagya pa'ng kumunot ang noo ko dahil sa kabila ng dami ng sinabi ko ay nanatili'ng iisa ang itsura niya. *BLANGKO.*

"T-Tob, o-okay lang ba??" napapahiya'ng tanong ko pa sa kaniya at kumurap kurap naman ang mga mata niya at saka itinuro ang upuan.

Taka naman ako'ng nilingon 'yon at saka ako muli'ng tumingin sa kaniya.

"K-Kunin mo 'yung u-upuan---may s-sasabihin ako.." hirap na hirap pa'ng tugon ni Tob at mas nagtaka ako.

A-Ano'ng sasabihin niya?

Kailangan ko ng hanapin si Taguro, Tob!

Pero nakaramdam ako ng hiya dahil nasa amin ang paningin ng lahat!

Kaya naman napapabuntong-hininga'ng hinila ko na lang 'to at saka inilapit sa kama niya. Nakatingin kami ni Tob sa isa't-isa habang papaupo ako. Bahagya'ng nakatagilid ang ulo niya at nakapatong naman sa side rails ng kama niya ang magkahawak ko'ng kamay.

Pero dahan daha'ng dumausdos ang paningin ko sa sarili ko'ng mga kamay nung maraha'ng hawakan 'to ni Tob.

Lalo'ng nanibago ako sa emosyo'ng nararamdaman ko. Naghahalo-halo na naman ang nararamdaman ko at kung anu-ano'ng nakakapagtaka'ng tanong ang nabubuo sa isip ko.

Mabilis ko'ng tiningnan si Tob sa mata ng deretso.

"G-Galing dito si M-Max.." mahina'ng sambit ni Tob at daglia'ng nangilid ang mga luha sa mga mata ko ngunit nananatili'ng blangko ang emosyon sa mukha ko habang deretso'ng nakatingin sa kaniya. **"B-Boses niya ang h-huling nadinig ko b-bago ako gumising.."** mahina'ng dagdag niya pa at sunod sunod naman ang naging paglunok ko. ***"M-Matagal ako'ng m-mawawala, Tob.. At g-gusto ko sana, p-pagbalik ko ay okay na okay ka na. Pumapasok, nang-aasar at malakas na tumatawa. A-Alam ko'ng naririnig mo ko kahit ka sumagot o gumalaw. Alam ko.. naririnig mo ang lahat ng sinasabi ko. M-Maaasahan kita, 'di ba?"*** mahaba'ng usal ni Tob at ramdam ko ang pagkunot ng noo ko. **"'Yan ang huli'ng sinabi niya."**

"H-Hindi ko m-maintindihan, dre.." mahina'ng sagot ko.

"M-Matagal daw siya'ng m-mawawala, dre. Ibig s-sabihin ay l-lalayo siya. P-Pero hindi niya s-sinabi kung s-saan ang punta niya---"

"Bakit hindi siya nagpaalam sa'kin?!" mabilis na pigil ko sa kaniya at mabilis ri'ng umiling siya.

"H-Hindi niya na sinabi." sagot nita at napayuko naman ako.

Tutulo na ang luha sa mga mata ko at hindi ko kaya'ng pigilan ang nararamdaman ko.

"W-Wala ako'ng ginawa'ng masama, Tob.." mahina'ng dagdag ko pa pero hindi na siya nagsalita. **"W-Wala ako'ng ginawa'ng masama para u-umalis siya ng wala'ng paalam.."**

"D-Deib.." dinig ko'ng tawag ni Lee at saka ko naramdaman ang kamay niya sa balikat ko.

Mabilis ko'ng pinaghiwalay ang kamay ko'ng magkahawak dahilan para mapabitiw sa pagkakahawak doon si Tob. Tumayo ako at gulat sila'ng napatingin sa'kin.

"P-Pupuntahan ko pa rin si Tagurio.." pagpupumilit ko.

"Deib.." tawag na naman sa'kin ni Lee at hinarap ko siya.

"K-Kailangan niya'ng magpagaling ng todo, Lee. K-Kung ayaw niya dito sa ospital---pwede naman kahit sa bahay nila ni Naih o sa Mansion nila---basta nakikita ko siya!" inis pa'ng dagdag ko. **"N-Nalilito ako.. K-Kagabi ay okay naman kami.."** pigil ang emosyo'ng sabi ko pa.

"S-Sasamahan kita.." prisinta na naman ni Lee.

"Hindi na, Lee. K-Kaya ko na mag-isa.. Samahan mo na muna si Tob dito---"

"Pero D-Deib---"

"Okay lang ako.." pilit ang ngiti'ng sabi ko pa kay Lee at napabuntong-hininga na lang siya at saka ko nilingon si Tob. **"Babalik ako, pangako 'yan.."** at tumango naman si Tob sa'kin.

Tiningnan ko pa sila'ng isa-isa at saka ako nagpaumuna'ng maglakad.

"Deib!" dinig ko'ng habol pa sa'kin ni Parrot at nilingon ko naman siya. **"B-Babalitaan kita kapag.. may nalaman ako.."** dagdag niya at napangiti naman ako.

"Salamat.." mahina'ng sagot ko at saka ko siya muli'ng tinalikuran.

Mabilis ako'ng naglakad papabalik sa kwarto'ng 'yon ni Taguro at padarag na kinuha ang mga gamit ko.

Bago pa man ako tuluya'ng lumabas doon ay muli ko'ng nilingon ang kama ni Taguro.

"Mahal kita, sadya'ng baduy ka lang talaga.."

Babe.. A-Ano ba'ng nangyari bigla??

Bumibigat ang dibdib ko at pakiramdam ko'y umaabot 'yon hanggang sa talampakan ko. Nahihirapan ako'ng ihakbang ang mga paa ko pero napakabilis pa rin ng mga iyon.

Umalis ka? P-Pero bakit pakiramdam ko ay nandito ka lang?? B-Bakit nararamdaman ko'ng n-nagtatago ka sa'kin? Bakit ka umalis ng hindi n-nagsasabi sa'kin?

Napabuntong-hininga ako ng sobra'ng lalim at saka ako naglakad paalis.

Wala sa sarili'ng nagmaneho ako papunta sa apartment nila Taguro at natagpuan ko na lang ang sarili ko'ng kakatok katok doon.

"Sandaleee!" dinig ko pa'ng malakas na sigaw ni Yaz munit nagpatuloy lang ako sa pagkatok. **"Sinabi ng sandaleee!"**

~KLAK!~

Bumukas ang pinto at gulat siya'ng makita ako.

"D-Deib??" tawag niya pa sa'kin at agad nama'ng bumaba ang tingin ko sa kaniya.

"N-Nasaan si Taguro?"

"T-Taguro na naman---wala nga siya dito!"

"N-Nasaan siya??"

"Hindi ko alam!" inis na sagot niya bagaman bakas ang pag-aalala sa mukha niya. Binuksan ko ng todo ang pinto nila at saka ako pumasok.

"N-Nasaan ba kasi siya?!"

"Deib, wala talaga siya dito.. Kahit halughugin mo ang buong bahay---she's not here! Ang alam ko nga ay magkakasama kayo! Wala talaga siya dito!" paulit-ulit niya'ng paliwanag pero hindi ko siya pinakinggan.

Mabilis ako'ng umakyat sa taas at isa-isa'ng binuksan ang pinto ng mga kwarto.

"A-Alin ba dito ang kwarto ni Taguro!?" pasigaw pa'ng tanong ko!

"Yung pinto sa dulo ng hallway sa kaliwa!" dinig ko nama'ng sigaw niya.

Mabilis ko'ng pinuntahan ang kwarto'ng 'yon at binuksan.

W-Wala nga..

Ngunit nagtuloy pa rin ako sa pagpasok at saka ako tumulog sa maliit na banyo'ng nandoon.

Isa-isa ko pa'ng tiningnan ang mga gamit niya at wala sa sarili'ng napapangiti.

Ito ang kauna-unaha'ng beses na pinasok ko ang kwarto mo---wala ka pa dito. Nasaan ka na ba, Taguro?!

May kakaiba'ng lungkot ako'ng naramdaman sa dibdib ko.

Parang may *KULANG*.

Napakalaki'ng kulang..

Napahilamos ako sa mukha ko at saka muli'ng lumabas ng kwarto.

L-Lakasan mo ang loob mo Deib.. M-Makikita mo rin si Taguro..

"Ano?!" dinig ko pa'ng sigaw ni Yaz at nilingon ko naman ang hagdan. **"I told you, she's not here. B-But.. w-where the hell is she?"** nag-aalala ri'ng tanong niya at bumaba naman agad ako. **"Have you tried calling her, Deib?"**

"Naka-off ang cellphone niya.."

"E 'yung mga kapatid niya?"

"H-Hindi sinasagot ni Maxwell---"

"What?! G-Give me his number---I'll call him!"

Natigilan man ako sa sinabi niya ay mabilis ko ri'ng inilabas ang cellphone ko't ibinigay sa kaniya ang number ni Maxwell.

Maya maya lang ay idinial niya na 'yun at pinakinggan ang kabila'ng linya.

"N-Naka-off rin e?!" bigla'ng aniya kaya naman napailing na lang ako. **"Yung isa pa'ng kapatid niya??"** tanong niya at idinial ko naman ang number ni Maxrill.

~TOOT! TOOT! TOOT!~

"H-Hindi nagri-ring.." nawawalan ng pag-asa'ng sagot ko. **"H-Hindi bale.. pupunta na lang ako sa Mansion nila.."**

"B-Balitaan mo ko ah?"

"H-Hindi mo ba talaga siya nakita??" pangungumpirma ko at ipinakita ko sa kaniya ang tunay na nararamdaman ko. Bakas sa mukha niya'ng naaawa siya sa'kin at nag-aalala pero wala siya'ng magawa.

"Hindi ko talaga alam, Deib. At kung alam ko man ay hindi mo na kailanga'ng malungkot ng ganiyan." sinsero'ng tugon niya at napayuko naman ako.

"M-Mauna na ako.. ingat ka d'yan.." habilin ko pa na tiningnan ang kabuuan niya'ng hirap pa ri'ng maglakad.

Mabilis ako'ng bumalik sa kotse ko at saka muling nagmaneho. At wala pa'ng sampung minuto ay narating ko 'yon.

Muling pumasok sa isip ko ang mga huling pangyayari'ng natatandaan ko nung una'ng beses na marating ko ang lugar na 'yon.

Wala sa sarili'ng nagdoorbell ako doon at mabilis naman ako'ng sinalubong ng guard.

"Sino po sila?" tanong pa nito at agad ako'ng pilit na ngumiti.

"N-Nandito ako para kay Maxpein??"

"Ano po'ng maitutulong ko sa kanila, Sir?" tanong niya at batid ko'ng hindi niya ako nadinig.

"H-Hahanapin ko lang sana si Maxpein?"

"Si Maxpein po? E wala po siya dito.." deretso'ng sagot nito at natigilan naman ako. Napatingin pa ako sa Mansion bago muling tumingin sa guard.

"S-Sigurado ka ba??" pangungumpirma ko pa at tumango nama'ng agad siya.

"Tanging sina President Moon at Chairman Moon ang nandito.. Ahh, nandito rin pala si Master More---"

"E sila Mokz?? Sila Maxrill at M-Maxwell?"

"Si Sir Maxwell po ay hindi dito nakatira.. si Maxrill po ay umalis kasama nila---"

"Saan sila pumunta??"

"Sino'ng nand'yan??"

Pareho kami'ng gulat na napalingon sa pinto ng Mansion!

SI MAZE!

Nagtama ang paningin namin at agad nama'ng kumunot ang noo niya at saka napatingin pa sa gilid niya bago muli'ng nilingon ako.

"Patuluyin mo siya.." utos pa ni Maze sa guard na mabilis nama'ng binuksan ang gate para sa'kin.

"S-Salamat." bulong ko pa sa guard at saka ako pumasok. **"G-Good morning, President Moon."**

"Good morning.." pormal na bati niya at tumayo naman ako ng ayos sa harap niya ng may mababa'ng tingin. **"What are you doing here?"**

"I-I'm looking for Maxpein." sagot ko na tumingin pa ng deretso sa mga mata niya at natigilan naman siya.

Nanatili kami'ng nakatingin sa isa't-isa munit ang hindi niya pagsasalita ay nakakadagdag sa'kin ng kaba!

B-Bakit hindi niya ako sinasagot?

Hindi ko maintindihan kung bakit nakikita ko sa mukha ni Maze ang malaki'ng pagtataka!

"H-Hindi niya ba sinabi sa'yo?" bigla'ng tanong niya at natigilan naman ako.

"A-Ang alin po??" tanong ko.

Napabuntong-hininga naman siya at saka inaya ako papasok.

Sinenyasan niya pa ang mga katulong na umalis muna at saka kami nagharap.

Muli siya'ng bumuntong-hininga at saka nagkrus ng kamay sa harap ko.

LALO AKONG KINABAHAN!

"Umalis siya---"

"Saan po siya pumunta?!" pagpipigil ko sa kaniya at ngumiti siya habang nakatingin ng deretso sa'kin.

"Kailangan mo siyang hayaa'ng *mapag-isa,* Deib." sinsero'ng tugon niya at natigilan naman ako. Napailing pa ako at saka napatingin sa mga kamay ko.

Pinipigilan ko ang emosyon ko at pakiramdam ko ay hindi tinatanggap ng utak ko ang mga sinasabi niya.

"P-Pero w-wala po ako'ng ginagawa'ng masama sa kaniya.." napapangiti pa kunwari'ng tugon ko.

"Hijo.." mahina'ng aniya pa at tumingin naman ako'ng muli sa kaniya. **"'Yan ang bagay hindi mo kailanman maiintindihan sa pagkatao ni Maxpein."** mahina'ng dagdag niya pa at lalo ako'ng nalito. **"Bagaman, ayos ang naging samahan niyo nito'ng mga nakaraa'ng araw ay hindi mo alam ang tunay na nararamdaman niya---"**

"Hindi ko po maintindihan.." pigil ko agad sa kaniya.

"At hindi ko rin alam kung paano'ng ipaiintindi sa'yo.." seryoso'ng sagot niya. **"She needs a break.. A real break.. Kailangan niya'ng mapag-isa.. 'yung wala'ng makakapagpaalala sa kaniya ng sakit na nangyari sa kaniya---"**

"P-Pero b-bakit pati s-sa'kin??"

"Deib, hijo.. You have to understand.." mahina'ng pakiusap niya pa. **"Ito ang paraan ni Maxpein para makalimutan sakit na nararamdaman niya.."** bakas sa tono niya'ng gusto niya'ng ipaintindi sa'kin ang sinasabi niya. **"Kahit pa maayos ang nakikita mo'ng Maxpein sa ospital, hijo, hindi mo alam ang nararamdaman niya sa loob loob niya."**

"H-Hindi ko pa rin po maintindihan.." sagot ko at napabuntong-hininga naman siya.

"Sa ngayon.. gusto ko sana'ng *hintayin* na lang nati'ng makabalik siya.." tugon niya at pakiramdam ko ay nabali ang tuhod ko at gusto ko'ng mapaupo sa panghihina.

Nanghina ako at hindi ko matanggap ang narinig ko. Mero'ng parte sa utak ko ang naiintindihan siya munit parang nilalabanan 'to ng puso ko.

"Sana hijo, maintindihan mo'ng nasasaktan si Maxpein ngayon dahil sa mga nalaman niya. Halos buo'ng buhay niya ay puro paglilihim ang ginawa namin sa kaniya." dagdag pa ni Maze at napatingin naman ako sa kaniya.

Pero p-paano naman ako?

Naibaba ko ang paningin ko at pinipigilan ko ang pagtulo ng luha ko. Pakiramdam ko ay sasabog na ang dibdib ko at ang init init na ng mukha ko.

~BEEP! BEEP!~

Sabay kami'ng napalingon sa pinto dahil sa malakas na busina'ng 'yon. Napatingin pa muna ako kay Maze at saka naglakad papalabas ng pinto.

Nakita ko si Maxwell na bumaba ng kotse niya at gulat pa siya'ng napahinto sa gate nung makita ako'ng nasa harap ng pintuan nila. Para ako'ng nabuhayan nung makita ko siya.

"D-Deib.." usal niya pa pagkalapit sa'kin. Pilit ang ngiti nama'ng naiganti ko sa kaniya.

"N-Nasaan si Maxpein?" pilit ang ngiti'ng tanong ko at napatitig naman siya sa'kin. Ngunit hindi niya ako sinagot at tumingin lang siya kay Maze! **"M-Maxwell, nasaan si Maxpein??"** pag-uulit ko pa at nilingon niya naman ako uli.

"N-Nakaalis na ang eroplano niya.." mahina'ng sagot niya at parang may maingay na bagay ang umugong sa panding ko!

Sunod sunod na lunok ang ginawa ko at naibaba ko ang paningin ko.

"E-Eroplano??" hindi makapaniwala'ng tanong ko. **"M-Maxwell, a-ano'ng gagawin niya sa eroplano?"** tanong ko pero hindi siya sumagot. Nanatili siya'ng nakatingin sa'kin at bakas sa mga mata niya ang awa'ng nararamdaman niya. **"P-Pare.."** napapangiti'ng tawag ko pa sa kaniya. **"S-Sabihin mo naman sa'kin, oh? 'Wag naman ganito.."**

"Deib, she wants to be alone." malumanay na sagot niya at napailing naman ako. Naiiwas ko ang paningin ko dahil ayoko'ng makita niya ang pangingilid ng luha ko.

"K-Kailan daw siya babalik?" tanong ko habang nasa malayo ang paningin.

"We d-don't know.." sagot niya at napalingon naman ako sa kaniya.

"B-Bakit?"

"Deib.."

"B-Bakit kailangan niya'ng umalis ng wala'ng paalam?"

"Dahil alam niya'ng hindi mo siya papayagan."

"P-Pwede ko naman siya'ng samahan, ah?"

"Pero kailangan niya'ng mapag-isa. Deib.." tawag niya pa sa'kin at hinawakan ako sa magkabila'ng balikat ko. **"N-Naiintindihan kita,**

naiintindihan ko rin ang nararamdaman mo. Nagulat rin kami sa desisyon niya kanina, pero wala na kami'ng magawa."

"Bakit?" salubong ang kilay na tanong ko.

"Dahil desidido na siya.." sagot niya at nanlumo ako.

"Sa tingin ko.." sabat ni Maze at tiningnan ko naman siya habang kay Maxwell pa rin ako nakaharap. **"Kaya niya ginusto'ng lumayo ngayon.. dahil nakatulong sa kaniya ang paglayo noon. Pasensya ka na, hijo. Ako man ay naiintindihan ko ang nararamdaman mo, pero pagkatao ni Maxpein ang pinag-uusapan natin dito. Sana'y maintindihan mo."** dagdag niya at tumango-tango na lang ako. Wala'ng sali-salita'ng tinalikuran ko sila at naramdaman ko naman agad ang pagsunod sa'kin ni Maxwell.

"Wait---where are you going?" tanong niya, bakas sa tono niya ang pag-aalala.

"Sa Airport." wala'ng emosyo'ng sagot ko.

"Deib, hinintay ko pa'ng makaalis ang eroplano---wala na siya don!" inis na sagot niya at wala'ng emosyo'ng nilingon ko naman siya.

"Paano kung.. n-naisipan niya'ng ayaw niya ng umalis? Paano kung n-naisip niya ako---"

"Deib!"

"Maxwell, wala'ng masama kung titignan ko!" sigaw ko sa kaniya at natigilan siya. Hinablot ko ang kamay ko mula sa pagkakahawak niya at saka naglakad papalayo.

Hindi ko namalayan ang oras, tulala ako hanggang sa marating ko ang Airport.

Pero hindi ko alam ang gagawin ko.

Wala'ng wala ako sa sarili ko.

"Excuse me, Sir? Where are you going?" tanong pa sa'kin ng isang attendant. Wala na naman sa sarili'ng nilingon ko siya.

"I'm looking for my girlfriend." sagot ko at natigilan naman siya at lumingon pa sa likuran niya.

"What time is your flight, Sir?"

"I'm not going anywhere." blangko ang mukha'ng sagot ko. **"I'm here to look for my girlfriend."**

"B-But, Sir, only passengers are allowed to enter here---"

"Please, Ma'am?" pakiusap ko.

"I am so sorry, Sir. But I cannot allow you to enter this area---"

"N-Nakikiusap po ako.." nagsisimula ng gumaralgal ang boses ko at bakas naman ang awa sa mga mata niya. Humawak siya sa braso ko at bakas sa mukha niya ang pagiging sinsero.

"I am really sorry, Sir. But I really can't allow you to e-enter. I'm sorry." pakiusap niya at napatitig naman ako sa kaniya. **"I-I'm very sorry, Sir---"**

Hindi niya nagawa'ng tapusin ang sasabihin niya dahil pahablot ko'ng hinila ang braso ko mula sa pagkakahawan niya!

Napayuko ako at pinigilan ng dalawa'ng daliri ko ang mga luha sa mga mata ko. Hindi ko alintana ang mga tao'ng dinadaan-daanan ako dahil hindi ko na mapigilan ang nararamdaman ko.

T-Taguro..

Nagsimula'ng tumulo ang luha ko at hindi ko na magawa'ng pigilan pa ang mga 'yon.

B-Bumalik ka, Taguro.. P-Parang awa mo na, b-bumalik ka..

Luhaa'ng naglakad ako pabalik sa kotse ko ngunit hindi ako pumasok doon. Sumandal ako sa pinto ng passenger's seat at saka humarap sa main entrance ng Airport.

H-Hindi ako mawawalan ng pag-asa.. A-Alam ko ang utak mo---babalik ka.. sabi ko pa sa isip ko at saka dahan-daha'ng nawala ang mga luha sa mga mata ko.

OceanofPDF.com

CHAPTER 161

DEIN'S POV

Isang buwan ang lumipas mula noong makaalis si Maxpein, hindi na naging normal pa ang buhay ni Deib.

Hindi na *pumasok* ng maayos.

Hindi na siya *makausap* ng maayos.

Hindi na *kumakain* ng maayos.

Hindi na *natutulog* ng maayos.

Wala na.

Para siya'ng nakatayo pero nawalan na ng buhay.

Magdamag siya'ng nakakulong sa kwarto at sa maniwala ka man o hindi, para kami'ng mga *praning* na panay ang katok sa pinto ng kwarto niya upang alamin kung sasagot pa ba siya o hindi na. Nag-aalala kami pero mga wala kami'ng magawa!

Nag-aalala ako ng sobra sa kaniya pero hindi ko magawa'ng bantayan siya ng buo'ng magdamag. Isang buwan na siya'ng hindi pumapasok sa school at kahit pa pagalitan siya nila Lolo, Daddy, Mommy at lalo na ni Chairman ay ***wala siya'ng pakialam***.

Wala siya'ng kinakausap sa amin at kadalasa'y tulala lang siya.

Mas gusto niya'ng mag-isa'ng kumain at kadalasan ay nakikita ko siya'ng umiiyak na daig pa ang babae'ng hiniwalayan ng boyfriend.

Nakakaawa siya.

Totoo, nakakaramdam ako ng matindi'ng awa kay Deib dahil hindi mo lang makikita sa kaniya'ng nasasaktan siya.

Mararamdaman mo'ng nasasaktan talaga siya.. Nasasaktan ng sobra sobra..

Hindi ko tuloy maiwasa'ng mapaisip..

Ganon rin kaya si Maxpein no'ng iwan siya ni Randall??

Napabuntong-hininga ako sa sarili ko'ng isipin.

I'm so sorry, Deib. I don't know what to do.. I don't know can I help you..

Gusto ko siya'ng puntahan at kausapin kahit alam ko'ng hindi niya ako pagbubuksan.

~FLASHBACK~

"Dein." tawag sa'kin ni Dad at nilingon ko naman siya. **"Tawagan mo si Deib, ano'ng oras na oh?"** aniya pa kaya napatingin naman ako sa wall clock.

It's 8:00pm already and he's not yet coming back. We have no idea kung nasaan na siya.

Inilabas ko ang cellphone ko at saka idinial ang number niya na agad rin niya nama'ng sinagot.

"Taguro?"

"A-Ano'ng Taguro---Kapatid mo 'to!" sigaw ko sa kaniya at kasunod nun ay ang malalim niya'ng buntong-hininga kaya naman nakaramdam agad ako ng pag-aalala. **"Where are you!?"** tanong ko pero hindi siya sumagot. Napatingin ako kila Mom and Dad at halos lahat sila ay nakatingin sa'kin. Kasalukuyan kami'ng nasa kwarto ni Tob. **"Deib, where are you?"** pag-uulit ko pa pero halos manlaki ang mga mata ko nung marinig ko ang impit na hagulgol niya! **"D-Deib, are you okay? W-Where are you?!"** nag-aalala'ng tanong ko.

Dali dali'ng lumapit sa'kin si Mommy at inagaw ang cellphone sa'kin.

~END OF FLASHBACK~

"D-Dein.." napalingon ako sa tabi ko.

Nawala sa isip kong kasama ko si Randall at nandito kami ngayon sa kotse niya.

Pupunta kami sa ospital para makapagpa-check-up ako.

"Are you okay?" tanong niya pa at ipinakita ko naman sa kaniya ang lungkot ko.

"I-I'm worried about Deib.." malungkot na sagot ko at napabuntong-hininga naman siya na muli'ng itinuon sa daan ang paningin. **"H-Hindi na siya makausap ng maayos ngayon, Hon. H-Hindi na namin alam kung anong gagawin namin sa kaniya---"**

"Hayaan niyo lang.."

"E pano kung m-may gawin siya sa sarili niya?!"

"May nakikita ka bang signs na suicidal siya?" seryoso'ng tanong niya at nagsalubong naman ang kilay ko saka napaisip.

"W-Well, obviously he's depressed---"

"One month pa lang, mula nung umalis si Pein, Dein."

"P-Pero.. Tsk! So, what do you expect me to do?! Ignore him?!" inis na tanong ko.

"S-Sshh.. That's not what I meant, Honey. Ibig kong sabihin ay kahit ikaw man ang masaktan---lalampas ka pa sa isang buwan na malungkot.." kalmado'ng paliwanag niya at inirapan ko na lang siya.

"But that's not the point! He's depressed and very sad, he has sleep problems and eating problems! Hindi ko maiwasa'ng mag-alala dahil malamang kapatid ko 'yon!"

"Stop shouting.." pagpapakalma niya sakin na hinaplos pa ang buhok ko pero iniiwas ko na lang ang paningin ko. **"Pero Dein, 'yang mga 'yan rin ang kadalasa'ng signs ng heartbroken. Let me guess? He prefers to be alone and also avoids friends or social activities? Loss of interest and pleasure in everything? Does not speak often and don't listen well? Dein, I've been in the same situation, okay? And besides, it's not as if you're just gonna let him stay inside his room and will not bother to check him up?"**

"Hindi kita maintindihan.."

"Hindi niyo naman siya pababayaan, 'di ba? Kaya wag kang matakot."

"Hindi ko nga kasi maiwasan!"

"Tsk. O-Okay, okay.. I'll talk to him."

"Psh! Parang makikinig naman 'yon sayo?!"

"Malay mo?"

"Naka-lock ang pinto ng kwarto niya at hindi ka rin naman niya papapasukin."

"Wala ba'ng susi?"

"M-Meron.."

"Edi wala'ng problema kahit mag-lock siya."

"Magagalit 'yon!"

"Sinubukan niyo na ba?"

Napa-iling ako at saka ko iniiwas ang paningin ko sa kaniya.

H-Hindi pa.

"Hindi niyo pa pala nasusubukan e." biglang banat niya na animong nabasa ang laman ng isip ko!

Hindi ko na kinontra pa si Randall at nagtuloy na lang ako sa pag-iisip ko hanggang sa marating namin ang BIS Hospital.

Dumeretso na agad kami sa OB-Gyn na kakilala namin ni Randall.

"When you're pregnant, your health matters more than ever, Dein Leigh." baling sa'kin ni Doktora at nakinig naman ako. **"Do not stress**

yourself too much." aniya pa habang tinitignan ang lagay ko.

"Kasi naman, Doktora. Sunod sunod 'yung naging problema namin." nakanguso'ng sagot ko.

"What was your last weight?"

"P-Po??" gulat pa'ng tanong ko at saka ako napaisip. **"Fourty eight kilos, Doktora."**

"Come here, magtimbang ka." utos niya pa at sumunod naman ako. Halos lumuwa ang mata ko nung makita ko ang laki'ng idinagdag ng timbang ko. **"Sixty five kilos ka na ngayon."**

"Oh my God.." mahina'ng usal ko pa.

"Gaining weight is healthy and necessary during pregnancy, but it's important to manage your weight and stay fit." ani Dok at saka muli'ng naupo sa table niya.

"A-Ano po'ng gagawin ko, Doktora?" tanong ko.

Isa-isa'ng ipinaliwanag sa'min ni Doktora ang mga dapat kong gawin at masaya naman kami'ng nakinig sa kaniya.

"Oh, Dok Randall?" nakangiti'ng baling ni Doktora kay Randall. **"Mood swings, morning sickness, backaches, and breast pain are everyday reminders of pregnancy. I suggest, you should learn about unpleasant prenatal symptoms and how you can take control of problems during pregnancy."** natatawa'ng dagdag pa ni Doktora at napangiti naman kami'ng pareho.

Nung matapos ang check-up ko ay nakangiti'ng hinimas himas pa ni Randall ang tiyan ko pagbalik namin sa kotse niya.

"Baby.." masaya'ng sambit niya pa at natawa naman ako.

"Hon, ano'ng gusto mo? Babae o lalaki?" tanong ko at napatingin naman siya sa'kin.

"Ikaw ba?" nakangiti pa'ng tanong niya!

I hate him!

"I'm asking you!" inis na sigaw ko sa kaniya at natawa naman siya!

"Ang bilis nama'ng mood swings niyan, Hon?? Pigilan mo naman minsan.."

"Huh?!"

"Wala, sabi ko---I love you.."

"Ewan ko sa'yo! Uuwi na ko! Ayoko na sa'yo!"

"H-Hon.."

"Uuwi na sabi ako!"

"Ihahatid kita---"

"Hindi na! Bababa na ako!"

"H-Hon! Hindi ka pwede'ng bumaba!" pigil niya sa'kin at sinimangutan ko naman siya. **"B-Binibiro ka lang e. I love you, Honey.."**

"Ewan ko sa'yo! Kanina ka pa kontra ng kontra sa'kin! Simula kay Deib! Hanggang ngayon!"

"H-Hindi naman kita kinukontra, Honey---"

"Shut up, Randall!"

"Okay, Mrs. Randall.. Hehehehe!"

Inis ako'ng nilingon pa siya at saka niya in-start ang kotse niya.

"Daan muna tayo sa Mall, Hon??" tanong niya at nilingon ko naman siya saka tinaasan ng kilay.

"Bakit?!"

"Wala. Hindi ka ba nagugutom?"

"Hindi mo ba narinig 'yung sinabi ni Doktora? Kailangan ko'ng magdiet!"

"Hon, ang pagdadiet ay pagbabawas---hindi pagpapagutom, okay?"

"Ayan! Tulad n'yan! Kinukontra mo na naman ako!" sigaw ko sa kaniya at natigilan na naman siya!

"H-Honey naman e. Hindi kita kinukontra, itinatama lang kita---"

"Alam ko ang diet!"

"E b-bakit nagagalit ka?"

"Kasi tanga ka!"

"H-Hon, hindi ka naman gan'yan, ah??" nakanguso pa'ng tanong niya at inismiran ko na lang siya.

"Bilisan mo! Gusto ko ng Cake!"

"Papayag rin pala, nanigaw pa." bubulong-bulong pa'ng aniya at inis naman ako'ng nilingon siya! **"I love you, Dein Leigh!"** malakas na sigaw niya kaya..

~PLOOOK!~

"A-Araay!" inis pa'ng singhal niya! **"B-Bakit nambabatok ka?!"**

"Bilisan mo!" sigaw ko at sinimangutan niya na lang ako.

Wala'ng kibua'ng tumuloy kami sa Mall.

"Honey, pagkatapos nati'ng kumain, ipapagawa ko 'yung watch ko." nakangiti'ng sabi niya at napabuntong-hininga naman ako.

Dumeretso kami sa isa'ng kilala'ng Cakery at kumain doon.

"Honey?" tawag ko sa kaniya at nakangiti'ng tiningnan niya naman ako.

"Mmm?"

"Ayoko ng almonds.."

"Give them to me."

"No, I want a new cake."

"H-Ha? S-Sige." napapailing pa'ng aniya at saka sumenyas sa waitress na agad nama'ng nakangiti'ng lumapit sa'min.

Nakangiti ri'ng sinalubong ni Randall ng tingin ang waitress kaya naman umabot sa bumbunan ko ang kilay ko.

"Yes, Ma'am, Sir?" nakangiti'ng tanong pa nung waitress.

"What do you want to have, Hon?" nakangiti'ng baling sa'kin ni Randall at taas-kilay nama'ng nilingon ko siya.

"Annulment!" sagot ko sa kaniya at saka ako tumayo at naglakad papalayo!

Grrrr! I hate him so much! Napakababaero!

Inis ako'ng naglakad papalayo ng Cakery na 'yon at maya maya lang ay dinig ko na ang pagsunod sa'kin ng loko!

"Honey! Ano ka ba? A-Ano'ng nangyayari sa'yo?" nag-aalala pa'ng tanong niya!

Manhid pa! Hindi man lang makaramdam!

"Wala! Wala'ng nangyayari sa'kin!"

"Ang init naman ng ulo mo, Hon e.." seryoso'ng aniya pa.

"Psh! I wanna go home."

"E 'di ba nga, ipapaayos ko pa ang watch ko?"

"Can't you do it alone?!"

"G-Gusto pa kita'ng makasama e." malungkot pa'ng sagot niya at iniiwas ko naman ang tingin ko sa kaniya. **"Hon, sige na. Bukas, may pasok na naman ako---"**

Pinigilan ko ng kamay ko ang sinasabi niya at saka ako naglakad papalayo at agad naman siya'ng sumunod.

"Bilisan mo, inaantok na ko." tipid na sabi ko pa at napangiti naman siya.

Mabilis kami'ng dumeretso sa Jewelry Shop at ipinaayos ang watch niya.

"Give me thirty minutes to fix this, Sir." nakangiti'ng sabi pa nung horologist! Agad nama'ng tumaas ang kilay ko!

"What?! I can't wait that long?!" inis na singhal ko sa horologist at gulat naman siya'ng napatingin sa'kin.

"H-Hon.." parang napapahiya pa'ng tawag sa'kin ni Randall pero inirapan ko lang siya at saka muling humarap sa lalaki'ng gumagawa ng relos!

"Fix it in ten minutes, I can't wait for thirty damn minutues!" pagtataray ko at saka at naupo sa harap ng mga estante. Nagpandikwatro pa ako at sinulyapan ang mga singsing doon.

Maya maya pa.

May isa'ng parte ng mga estante na hindi maalis ang paningin ko.

Inis ako'ng napabuntong-hininga nung animong kuminang pa 'to sa paningin ko.

Ngunit mas nainis pa ako nung paglingon ko kay Randall ay nakangiti na siya sa'kin!

Mukha'ng mascot!

"What are you smiling at?!" mataray pa'ng tanong ko sa kaniya.

"Nothing. I just wanna look at you.." nakangiti'ng sagot niya pa.

"Stop looking!"

"I love you, Honey.." malambing pa'ng tugon niya at inirapan ko naman siya.

"Excuse me, Sir?" tawag pansin sa'min nung horologist kaya tumayo agad si Randall at lumapit sa kaniya.

"Psh! May pasabi-sabi pa'ng thirty minutes e five minutes lang pala, kaya na!" inis pa'ng parinig ko dito at nginitian lang niya ako.

Muli ako'ng tumingin sa singsing na 'yon.

Kung ibinibigay mo ba naman sa'kin 'to, Honey.. Hindi'ng hindi na kita tatarayan kahit kailan..

Napangiti pa ako sa isipi'ng 'yon at hindi ko maintindihan ang bahagya'ng kurot na 'yun sa dibdib ko.

Saglit pa'ng nagstay don si Randall at maya maya lang rin ay lumabas na kami. Naglalakad na kami papalabas ng Mall nung makasalubong namin si Doc Edda.

"Hey there, Doc Randall!" bigay pansin samin ni Doc Edda at tumingin naman ako sa kaniya. **"Hi, Dein!"** bati niya pa sa'kin at ngumiti naman ako.

"Mmm, Doc Edda? Wala'ng duty?"

"Yeah, thank God! Napaka-toxic ng patients ko kahapon---I'm glad nabigyan ako ng off!" nakangiti pa'ng sagot nito at saka bumaling sa'kin. **"I don't see you often these days?"**

Isang buwan na rin ako'ng hindi pumapasok. Sa school lang ako nagpapaalam tungkol sa pagbubuntis ko at hindi na sa ospital.

"A-Ahh---"

"She's pregnant." pigil ni Randall sa sasabihin ko at paglingon ko kay Randall ay nakangiti na siya kay Doc Edda. Kita'ng kita ko sa mukha ni Randall ang pagiging proud sa isinagot niya.

Nanlaki ang mga mata ni Doc Edda at napapanganga'ng tumingin sa'kin!

"Oh my God! For real?!" gulat pa'ng tanong niya at saka ngumiti. Nakangiti'ng tinanguan ko naman siya bilang tugon. **"Wooow! Congratulations, Dein! Wow! I can't believe this! What a wonderful blessing!"**

"And an early one!" natatawa'ng biro ko pa.

"Yeah, oh my God! Tsk tsk! Nice one, Doc Randall!" biro niya pa kay Randall.

"Thanks, Doc Edda. Oh siya, paano? Mauna na kami ng buntis ko?!" tugon ni Randall dito at inis naman ako'ng nilingon siya.

"Hahahahahahaha! Sige! See you around! Congratulations! Take care!" ani Doc Edda at saka nagpaumuna'ng maglakad sa'min papalayo.

Ngingiti ngiti'ng sinundan siya ng tingin ni Randall at saka gulat na mapatingin sa'kin nung makita ang reaksyon sa mukha ko! Umabot sa batok ang taas ng kilay ko at talaga'ng nanggagalaiti ang itsura ko!

"H-Hon.." sambit niya pa!

"What did you say?! *'B-Buntis'* ko?! Ha! Pervert!" sigaw ko sa kaniya at saka nagmadali'ng talikuran siya!

Kahit kailan ka'ng lalaki ka! Bwisit!

"Honey!" dinig ko'ng tawag niya pero hindi ko na siya pinansin pa.

Nung marati'ng namin ang kotse niya sa Parking Lot ay hindi na ako kumibo pa, hanggang sa marating namin ang bahay.

"H'wag ka ng pumasok---umuwi ka na." sabi ko pa at saka mabilis na binuksan ang pinto ng kotse niya at lumabas.

Naramdaman ko nama'ng agad ang pagsunod niya pero hindi ko na siya pinansin pa at nagtuloy tuloy na ako hanggang sa makapasok ng bahay.

"Oh, baby? How was your check-up?" nakangiti'ng salubong sa'kin ni Mommy at hindi ko naman siya pinansin.

"Mmm, you're back?" tanong pa ni Dad at hindi ko rin siya pinansin!

Inis ako'ng nagtuloy sa couch at pasalampak na naupo don!

"Honey!" dinig ko'ng tawag pa ni Randall at maya maya lang ay nasa harap na namin siya. Gulat pa'ng napatingin sina Mom at Dad sa kaniya. **"A-Ano ka ba, Dein? What's wrong with you?"** malumanay pa ri'ng tanong niya pero nagkrus lang ako ng braso at iniwas ang tingin sa kaniya.

"Why? What happened?" nag-aalala'ng tanong ni Mom sa kaniya.

"Si Dein po, Tita---kanina niya pa ako t-tinatarayan e." nakanguso'ng sagot ni Randall at inis ako'ng tiningnan siya!

"What?!" tanong ko!

"T-Talaga naman, Honey. Kanina mo pa ako tinatarayan, s-sinamahan na nga kita'ng magpa-check---"

"Wow! So, isinusumbat mo pa!? Don't worry! Next time, I'll make sure na hindi'ng hindi ka na makakasama!"

"H-Hon, h-hindi naman 'yon ang ibig ko'ng sabihin---"

"Go home!"

"Hon.."

"Dein?" tawag sa'kin ni Dad at napahalukipkip naman ako. **"Ano ka ba, hija? Bakit ganiyan ka makitungo kay Randall?"**

"E-Eh kasi siya e.." parang bata'ng sambit ko.

"Tsk. You see? Nagsisimula pa lang kayo pero ganiyan na kayo." dagdag ni Dad dahilan para maibaba ko ang paningin ko. Nakaramdam agad ako ng pagkapahiya. **"Pag-usapan niyo 'yan."**

"Honey.." tawag na naman ni Randall kaya napabusangot na naman ako. Lumuhod siya sa harap ko at hinawakan ang dalawa'ng kamay ko. **"Please, 'wag ka ng mataray, ha??"** animo'ng nakikiusap pa'ng tanong nito at siniringan ko naman siya. **"Hon.."**

"Oo na!"

"'Wag ka na nama'ng magalit.."

"Oo na! Oo na!"

"Bati na tayo??"

"Oo na nga!"

"Pakakasalan mo ko?"

"Oo---!!"

Gulat ako'ng napatingin sa kaniya at nakatingin pa rin siya sa'kin.

A-Ano daw?!

"Sagot!" sigaw niya pa sa'kin pero hindi ko nagawa'ng bumalik sa reyalidad!

Pilit ko'ng kinakain pa ang huling tanong niya pero parang lumulutang ang utak ko at hindi ko 'yon ma-digest!

"Oh my God.." dinig ko'ng bulong pa ni Mommy at don lang ako bumalik sa katinuan.

"A-Ano'ng s-sabi mo?" hindi makapaniwala pa'ng tanong ko.

Ngumiti si Randall at ang gwapo gwapo niya sa ngiti'ng 'yon!

Inalis niya sa pagkakaluhod ang isa'ng tuhod niya at saka ipinatong doon ang siko niya. Dumukot siya sa bulsa niya at maya maya lang ay inilabas niya ang isa'ng maliit na pula'ng box!

Pamilyar na pamilyar sa mga mata ko ang box na 'yon!

Parang nagslow motion sa harap ko ang ginagawa niya!

Alam ko kung ano'ng ginagawa niya at kung ano'ng ibig sabihin ng mga ikinikilos niya pero pakiramdam ko ay bago sa paningin ko ang mga bagay na 'to!

Parang kinikiliti ang puso ko at naghahalu-halo ang laman ng tiyan ko.

Tumitindig ang mga balahibo ko at nangingilid ang mga luha ko.

Dahan-daha'ng binuksan ni Randall ang maliit na pula'ng box na 'yon at tumambad sa paningin ko ang siya'ng singsing na hindi mawaglit sa paningin ko kanina!

"O-Oh my God.." mahina'ng mahina'ng sambit ko pa. Umangat ang tingin ni Randall sa'kin at nagtama ang paningin namin!

"S-Simula nung gabi'ng samahan mo ko'ng harapin ang lahat ng masasakit na bagay na pagdaraanan ko. S-Simula nung mga araw na pilit mo'ng inaagaw ang atensyon ko. S-Simula nung mga buwan na pinipilit mo'ng itiuon sa'yo ang nararamdaman ko. H-Hindi ko inaasahan na mamahalin kita ng ganito. Sa kabila ng mga kalokohan ko.. m-minahal mo ko ng buo'ng buo. I love you so much, Dein. Will you be mine for the rest of your life?"

"H-Hon.." hindi pa rin makapaniwala'ng usal ko.

"Will you do me the honor of becoming my wife?"

Hindi ako nakasagot at ang tanging naramdaman ko na lang ay ang sunod sunod na pagtulo ng mga luha ko!

Kita'ng kita ko sa mga mata ni Randall ang pangingilid ng mga luha sa mga mata niya!

Wala sa sarili'ng napalingon ako sa magkayap ng sina Mommy at Daddy.

Nagtama ang paningin namin ni Mommy at binigyan ko siya ng nagtatanong na tingin at umiiyak naman siya'ng sunod sunod na tango ang

isinagot! Umiiyak na nilingon ko si Randall at saka ako napangiti ng todo.

"Y-Yes, Honey! Yes!" sagot ko at agad naman niya'ng niyakap ako!

"I wish I could give you everything, Dein, but I hope that this ring is enough. I now know that you and I are truly meant to be together. I love you." bulong niya pa habang nakayakap sa'kin at nagtuloy tuloy naman ang pagluha ko sa bisig niya.

Matapos non ay kusa siya'ng kumalas mula sa pagkakayakap sa'kin at saka pinunasan ang mga luha ko. Dahan dahan niya'ng inalis ang singsing mula sa maliit na box nito at saka kinuha ang kamay ko.

"Let me love you for the rest of my life, Dein.." mahina'ng usal niya pa habang nakatingin kami sa isa't-isa at nakangiti'ng tumango naman ako sa kaniya.

AT SAKA NIYA DAHAN DAHA'NG ISINUOT SA DALIRI KO ANG SINGSING!

Parang humuni ang mga ibon sa pandinig ko kasabay niyon!

"I love you, Honey!" nakangiti'ng sigaw niya pa.

"I love you too!" sagot ko at nagyakap kami.

DEIB'S POV

S-Simula nung gabi'ng samahan mo ko'ng harapin ang lahat ng masasakit na bagay na pagdaraanan ko. S-Simula nung mga araw na pilit mo'ng inaagaw ang atensyon ko. S-Simula nung mga buwan na pinipilit mo'ng itiuon sa'yo ang nararamdaman ko. H-Hindi ko inaasahan na mamahalin kita ng ganito. Sa kabila ng mga kalokohan ko.. m-minahal mo ko ng buo'ng buo. I love you so much, Dein. Will you be mine for the rest of your life?

Kasalukuyan ako'ng nakatayo sa kalagitnaan ng hagdanan at dinig na dinig ko ang proposal na 'yon ni Randall kay Noona.

Lahat lahat ay narinig ko.

Simula nung gabi'ng sinaktan mo si Taguro ay natutunan mo'ng mahalin ang kapatid ko. Hindi ko alam kung dapat pa rin ba ako'ng magpasalamat sa'yo.. nang dahil sa ginawa mo ay minahal ako ni Taguro..

May maliit na kirot na naman ako'ng naramdaman sa puso ko at mabilis na nangilid ang mga luha ko.

Pero nasaan ka na Taguro?

Nagbago ang desisyon ko'ng bumaba para kumain.

Muli ako'ng tumalikod at marahang humakbang pabalik.

"D-Deib?" dinig ko'ng tawag ni Noona dahilan para matigilan ako.

Hindi ako lumingon sa kanila at nanatili ako sa pagkakatayo ko.

"D-Deib, anak?" dinig ko nama'ng tawag ni Mommy.

Napabuntong-hininga na lang ako at saka nagtuloy sa pag-akyat ko.

Muli ko'ng isinara ang pinto ng kwarto ko at humiga sa kama ko.

Kinuha ko ang cellphone ko at lumuluha'ng idinial number ni Taguro.

"Please leave your message after the tone."

****TOOT!****

"Day thirty one." panimula ko. **"Hi Babe.."** mahina'ng bati ko at saka napatinign sa kanang kamay ko. **"I-Ito ang ika-tatlomput isa'ng araw na h-hindi kita nakikita.."** tatangu-tango'ng dagdag ko pa. **"I-Ika-tatlomput isa'ng araw na hindi kita nakakausap at naririnig.."** pigil ang hikbi'ng pinunasan ko pa ang mga pumapatak na luha sa pisngi ko. **"S-Sana okay ka lang.. at sana.. n-naririnig mo pa rin 'tong mga message ko.."** sunod sunod ang mabibigat na paghinga ko at pati mga patak ng luha ko. **"T-Taguro, h-hanggang ngayon h-hindi ko maintindihan kung bakit h-hindi ka man lang nagsabi sa'kin.. N-Nasasaktan ako.. Miss na miss na kita.."** umiiyak ng dagdag ko. **"P-Parang awa mo na b-bumalik ka na.. Taguro.. kailangan kita.."**

Tulad nung mga nakaraa'ng araw ay nakatulog ako ng gabi'ng 'to ng umiiyak.

♥ K ♥ I ♥ N ♥ A ♥ B ♥ U ♥ K ♥ A ♥ S ♥ A ♥ N ♥

~KNOCK! KNOCK!~

Nagising ang diwa ko sa malakas na katok na 'yon. Gumalaw ako munit nanatili'ng nakapikit ang mga mata ko!

"Deib Lohr! Open this door!"

Si C-Chairman..

Bumukas ang mga mata ko at nilingon ko pa ang pinto pero hindi ako bumangon para lapitan 'to.

"Deib Lohr! I know you can hear me! Ano ba'ng ginagawa mo sa buhay mo!"

"C-Chairman, please.." dinig ko'ng pakiusap ni Mommy sa kaniya.

"Aba! At ano'ng balak mo'ng gawin sa anak mo?! Ang kunsintihin?! Ilang linggo o buwan pa niyan balak um-absent, Lacey!?" dinig ko'ng sigaw rin sa kaniya ni Chairman.

Itinakip ko ang isa sa mga unan ko sa tenga ko at saka muling natulog.

"A-Aalis ako ng mga ilang araw.. A-Alam ko nama'ng kahit na hindi ko sabihin ay hihintayin mo ko.."

""Dahil kahit ga'no kalayo pa ang puntahan ko.. babalik at babalik ako para magpaliwanag sa'yo.."

"T-Taguro.." mahina'ng usal ko.

Napabangon ako sa kama at saka napahilamos sa mukha ko.

Naramdaman ko na naman ang sakit sa dibdib ko.

"A-Ayoko na.." naluluha na nama'ng usal ko at muli'ng napahilamos sa mukha ko.

~RING! RING!~

Mabilis ako'ng napalingon sa cellphone ko nung bigla'ng magring 'yon!

"T-Taguro?!" sagot ko.

"Psh! A-Anak ng.. Taguro pa rin?!"

Inis ako'ng napatingin sa screen ng cellphone ko!

SI TOB!

"O-Oh?" nanlulumo'ng tanong ko pa.

"Magaling na 'ko, dre! Baka gusto mo'ng pumasok?!" tanong niya pa at ramdam ko naman ang pagsasalubong ng mga kilay ko.

"E bakit 'di ikaw ang pumasok?! Tch!"

"Pumasok ka na rin---para sabay tayo!"

"H-Hindi ko pa kaya." sagot ko.

"Ssshhhkk! Anak ng pucha! Parang ikaw ang na-ICU ah?! Pumasok ka na!"

"Ayoko nga."

"Deib!"

"Ayoko nga, Tob!" inis na sigaw ko sa kaniya at natahimik siya. **"A-Ayoko'ng pumasok."** naiiyak na nama'ng dagdag ko at saka ko inis na pinunasan ang luha ko! **"King ina, mukha na ko'ng bading dito! Badtrip!"**

"Deib, ano ka ba?" bigla'ng seryoso'ng tanong niya.

"Ano?!"

"Hindi naman babalik si Max kung magkakagan'yan ka.."

"Oh?! Ano'ng gusto mo'ng sabihin?!" inis na tanong ko.

"At hindi niya rin magugustoha'ng magkaganyan ka.."

"Hindi mo ko naiintindihan."

"Lahat naman para sa'yo ay 'di ka naiintindihan---pero ang totoo, dre, naiintindihan ka namin!"

"Manahimik ka.."

"Deib.. Nasira na ang buhay ni Max, pati ba naman sa'yo, sisirain mo pa?!"

"Sino'ng gago ba ang nagsabi'ng sinisira ko ang buhay ko!?"

"Hindi mo sinabi---dahil ginagawa mo!"

"Tsk! Kung tumawag ka para mangaral, wala ako'ng oras---"

"Deib.." pigil na naman niya sa'kin at inis ako'ng napabuntong-hininga. **"Huling taon na natin 'to oh, 'di ba??"**

"Alam ko!"

"Kaya nga---kumilos ka na d'yan at paghandaan mo na ang graduation!"

"Tch! Bakit ba ang kulit mo!?"

"Kasi wala'ng iba'ng gagawa nito sa'yo kung hindi ako! Ano ka ba?! H'wag ka nama'ng ganiyan sa'kin, dre! H'wag mo naman ako'ng tablahin ng ganiyan---"

"E sa hindi ko pa nga kasi kaya!" inis ako'ng binabaan siya ng telepono at saka ako muling natulog.

Ilang linggo pa ang lumipas matapos non at nagpaulit-ulit lang ang takbo ng araw ko.

Magdamag na tulog.

Kung gising man ako ay nananatili lang ako sa kwarto ko.

Kumakain ang prutas na binibili sa'kin ni Mommy kapag nagugutom.

Pero ultimo'ng isa'ng mansanan ay hindi ko magawa'ng ubusin oras na pumasok sa isip ko si Taguro.

"Please leave your message after the tone."

****TOOT!****

"Day fourty three. I miss you so much, Babe. N-Naiisip mo rin ba ako?? H-Hindi ka mawala sa isip ko.. ikaw parati ang naiisip ko.. M-Masakit pero wala ako'ng magawa.. K-Kung alam mo lang kung ga'no ko kagusto'ng makita ka.. Gusto'ng gusto na kita'ng makita, Taguro.. B-Bumalik ka na sa buhay ko.. Please, Taguro.. K-Kahit na ano'ng dahilan mo---tatanggapin ko.. makita lang kita ulit sa harap ko.."

"Please leave your message after the tone."

****TOOT!****

"Day fifty two. Okay ka lang ba? M-May masakit ba sa'yo? M-May nakikinig ba sa mga m-masasakit na nararamdaman mo?? S-Sabihin mo sa'kin.. makikinig ako.. A-Anu-ano'ng gumugulo sa isip mo? Kasama ba ako? T-Taguro, h-hindi ka talaga mawala sa isip ko, kahit

ano'ng gawin ko.." humihikbi pa'ng usal ko. **"P-Pinipilit ko naman pero h-hindi ko talaga kaya e.. N-Nasasaktan na 'ko ng sobra.. M-Magpakita ka na.. H-H'wag mo naman ako'ng iwan ng ganito.. Namimiss na kita.."**

"Please leave your message after the tone."

****TOOT!****

"Day sixty seven. Hi Babe.. I know you're tired of hearing this b-but.. w-when will you be coming back?" umiiyak pa ri'ng tanong ko. **"H-Hindi ko na kaya p-pero k-kakayanin ko.. K-Kahit isa'ng s-sagot lang, Taguro.. Kung kinakailanga'ng magmakaawa ako sa isang sagot mo---gagawin ko.. S-Sabihin mo lang sa'kin na magkikita pa tayo.. N-Nagmamakaawa ako.."**

Paulit-ulit pero hindi ko namamalayan..

"Please leave your message after the tone."

****TOOT!****

"Day ninety one. I miss you so much, Babe.." pigil ang iyak na usal ko pa. **"K-Kailangan na kita'ng makita.. Gusto ng huminto ng puso ko pero kailangan talaga kita'ng makita.. I need you.. please come back to me, Babe. Please.."**

Paulit-ulit pero hindi ko pinagsasawaan..

"Please leave your message after the tone."

****TOOT!****

"Day ninety eight. Babe.. suko na ang puso't isip ko.. S-Sabihin mo naman kung nasaan ka, kahit ga'no kalayo---pupuntahan kita.. K-Kahit hindi ka magpaliwanag sa'kin ayos lang, okay lang.. Gusto kita'ng makita.. k-kahit isang minuto lang.. Please??" patuloy ang pagdaloy ng luha sa pisngi ko kasabay ng mumunti'ng kirot sa dibdib ko munit bigat sa pagkatao ko ang dulot nito. **"H-Hindi kita kaya'ng kalimutan.. a-ayaw kita'ng kalimutan.. H-Hindi ko kaya, Taguro.. I-Ikaw ang kailangan ko.. ikaw ang gusto ko.. Ikaw lang ang mahal ko.. Please.. bumalik ka na.. K-Kung may nagawa ako---sorry na.. G-Gagawin ko lahat, luluhod ako.. magmamakaawa ako.. 'wag lang ganito.. H-Hindi ko kaya 'yung unti-unti, Taguro.. N-Nagmamakaawa ako---"**

"Oh my God, Deib!" dinig na dinig ko ang boses ni Mommy kasabay ng biglaa'ng pagbukas ng pinto.

Kasalukuyan ako'ng nasa sahig at nakayuko sa dalawa'ng tuhod ko. Hindi ko na alam kung ano'ng itsura ko.

Hindi ko siya nagawa'ng lingunin at nagtuloy lang ako sa pagkausap sa voicemail ko kay Taguro.

Naramdaman ko ang paglapit niya at ang kasunod na nangyari ay niyakap na niya ako.

Ramdam ko ang pag-iyak niya.

"Baby, p-please don't be like this.. T-Tama na, Deib?? Huh??" nakikiusap ang tono'ng aniya pa pero ni hindi ko nagawa'ng lingunin siya.

"I want to be a-alone, Mom." pigil ang luha ngunit emosyonal pa'ng dagdag ko at lalo'ng umiyak si Mommy.

"D-Deib.. Anak.." sambit niya pa na hinawakan ang magkabilang pisngi ko at pilit na iniharap sa kaniya ang mukha ko. Blangko ang emosyo'ng tumingin naman ako sa kaniya. **"P-Please?? A-Ako na ang nakikiusap sa'yo, tama na.."** umiiyak pa'ng pakiusap niya. **"T-Tama na, Deib please??"** dagdag niya pa at lumuluha'ng umiling ako.

"W-Wala siya'ng sinabi'ng s-sumuko ako, M-Mom.. H-Hindi ko mapagbibigyan ang p-pakiusap mo.." sagot ko at niyakap niya naman ako.

"N-Nasasaktan ako'ng makita'ng nagkakaganyan ka dahil sa kaniya, anak.. P-Parang awa mo na.. 'wag mo naman saktan ang Mommy ng ganito??"

"H-Hindi ko alam kung a-ano'ng ginawa ko, Mommy.. W-Wala ako'ng maalala'ng mali'ng ginawa ko p-para iwan niya ako ng ganito.."

"Oh my God.." humahagulgol pa'ng usal niya.

"G-Gusto'ng gusto ko na siya'ng makita, Mommy---bakit ba parang h-hirap na hirap siya'ng pagbigyan ako?? A-Ano ba'ng mali'ng ginawa ko?"

"A-Anak.." tawag niya at napahilamos naman ako sa mukha ko habang kunot na kunot ang noo ko.

"H-Hirap na hirap na rin ako pero.. h-hindi ko alam kung ano'ng gagawin ko.."

"You h-have to go on with you life, Deib.." nakikiusap pa rin ang tono'ng tugon niya.

"Pero.. p-pa'no?? H-Hindi ko na alam kung pa'no, Mommy---"

"Please don't say that.. D-Deib, I'm sure she doesn't want you to be like this.." pangungumbinsi niya at tumitig naman ako sa mga mata niya at saka maraha'ng ngumiti bagaman lumuluha pa rin.

"K-Kung ayaw niya'ng m-magkaganito ako.. b-bakit hindi siya bumalik??" at muli'ng tumulo ang mga luha sa mga mata ko ng 'di ko namamalayan. **"S-Siya lang ang dahilan kung b-bakit ako nagkakaganito, Mommy.. S-Siya lang rin ang m-makakapagpawala ng s-sakit na nararamdaman ko.."**

Naramdaman ko na naman ang pagkunot ng noo ko kasabay ng sunod sunod na pagpatak ng luha ko.

♥ K ♥ I ♥ N ♥ A ♥ B ♥ U ♥ K ♥ A ♥ S ♥ A ♥ N ♥

~BLAAAG!~

Napabalikwas ako ng bangon sa napakalakas na kalabog na 'yon!

Hindi ko magawa'ng idilat ng todo ang mga mata ko at bahagya ko pa'ng naiharang ang kamay ko sa liwanag na nakikita ko sa biglaa'ng pagdilat ko.

"Sesanghe!" malakas na sigaw ng pamilyar na boses at nung aninagin ko 'to ay 'di ako nagkamali.

SI CHAIRMAN!

Napailing pa ako at saka umasta'ng muli'ng hihiga pero nagulat na lang ako sa mabilis niya'ng paglapit sa'kin at padarag na dinaklot ako sa damit!

"Michin-nom!" sigaw niya pa sa mismo'ng mukha ko at naiiwas ko naman ang paningin ko.

Translation: Crazy bastard!

Ramdam na ramdam ko ang galit sa hangos ng hininga ni Chairman ngunit hindi man lang nito nagawa'ng pabilisin ang tibok ng puso ko.

Blangko ang emosyo'ng tiningnan ko siya sa mukha at kita'ng kita ko sa mga mata niya ang galit.

"How long do you want to stay like this!" sigaw niya.

"Hangga't kaya ko---"

~PAAAK!~

MALAKAS NA SINAMPAL NIYA AKO!

"C-Chairman, please.." nakikiusap ang tono'ng lumapit si Mommy sa kaniya at pinigilan ang kamay niya.

"I'm giving you an hour to prepare yourself!" sigaw ni Chairman at saka pabato'ng binitiwan ko dahilan para mapaupo ako sa kama. **"Kung kinakailanga'ng kaladkarin kita papasok ay gagawin ko!"** sigaw niya pa at saka tinalikuran ako. **"Ayusin mo ang anak mo, Lacey!"**

"Y-Yes, Chairman."

"Kapag hindi mo nagawa'ng ayusin ang buhay ng anak mo ay pare-pareho na kayo'ng wala'ng karapata'ng tumira sa pamamahay na 'to! Pare-pareho kayo'ng magutom sa kalsada!" dinig ko'ng sigaw niya pa at saka humahangos sa galit na lumabas ng kwarto ko.

Dahan daha'ng naupo si Mommy sa harap ko at hinawakan pa ang pisngi ko'ng sinampal ni Chairman. Mabilis ko nama'ng iniiwas ang paningin ko.

"Deib.."

"Mom, please---"

"No!" sigaw niya at napatingin naman ako sa kaniya. Pareho kami'ng may galit sa mga mata! **"May karapatan siya'ng magalit at may karapatan kami'ng magalit! You're being too much, Deib! A-Ano pa ba ang kailangan nami'ng gawin para lang.. p-para lang mapakiusapan ka?!"** bakas ang pagpipigil ng galit pa'ng tanong niya pero hindi ako sumagot sa kaniya. **"Sa ayaw at sa gusto mo ay papasok ka."** pagmamatigas pa niya at saka tumayo at sinuklayan ang buhok ko gamit ang kamay niya. Iniiwas ko naman ang ulo ko sa kamay niya. **"Kumilos ka na at papasok ka ngayon. Tama'ng tama at lunes ngayon. Nakausap na namin ang mga lecturers mo at bibigyan ka na lang nila ng special project para sa mahigit tatlo'ng buwa'ng ini-absent mo---"**

"Ayoko!"

"No!" sigaw ni Mommy sa'kin dahilan para salubong ang kilay na mapatingin ako sa kaniya ngunit mas salubong ang kilay niya sa'kin at nangingilid pa ang mga luha niya sa galit! **"Kung hindi ka kikilos ngayon ay sasang-ayon ako sa sinabi ng Chairman!"**

"M-Mom.." hindi makapaniwala'ng sambit ko.

"Ilang buwan ako'ng nagtiis na tingnan ka sa ganiya'ng lagay mo at hindi ko na rin matiis na pagmasdan ka! Ayoko na! Kung ayaw mo ay ayaw ko na lalo!" galit talaga'ng sigaw niya at napailing naman ako sa kawala'ng magawa. **"Kung nasasaktan ka ay mas nasasaktan ako'ng makita ka'ng nagkakaganyan pero ako'ng Nanay mo ay wala'ng magawa! Tama na ang pagpaparamdam mo sa'kin na h-hindi ko kaya'ng gampanan ang pagiging Nanay ko sa'yo, Deib Lohr.."** at saka malumanay na tumingin siya sa'kin. **"Maligo ka na, nakahanda na ang pagkain mo sa baba. May bisita ka.."**

Nanlaki ang mga mata ko sa huling sinabi niya pero tinalikuran niya na ako nung tingnan ko siya.

Hindi ko maipaliwanag ang kaba'ng naramdaman ko.

Animo'ng nagliwanag ang puso ko at bagaman nakatulala ako ay kung anu-ano'ng nakita ko sa isip ko.

Bumalik na kaya siya?

Hindi ko sinayang ang bawat segundo at mabilis ako'ng kumilos.

Mabilis man ang naging pagkilos ko ay nagawa ko'ng linisin ng maayos ang katawan ko. Sa loob ng ilang buwa'ng pagmamaktol ko ay aaminin ko'ng may mga araw na hindi ko rin magawa'ng maligo at ultimo'ng sipilyo ay wala ako.

Pero sa oras na 'to, habang nakatayo ako sa harap ng salamin ko at ikinakabit ang huling butones ng uniporme ko ay masasabi ko'ng..

"Ako ang pinakagwapo't pinakamabango'ng tao'ng makakaharap mo, Taguro.." bagaman nanghihina ay nakangiti'ng sambit ko habang nakatingin sa sarili ko.

Alam ko'ng ayaw ni Noona'ng maaamoy ng todo ang pabango pero ngayon ay literal na ipinaligo ko 'yon!

Kahit hindi ka na magpaliwanag, Taguro.. Kahit wala ka'ng sabihin.. Tatanggapin kita ng buo'ng buo..

"At hindi na kita hahayaa'ng umalis.." mahina'ng sambit ko pa at saka mabilis na kinuha ang gamit ko pati susi ng kotse ko'ng sadya'ng itinago ko sa ilalim ng unan ko at saka ako mabilis na bumaba.

"Oh my God.. Deib!" hindi makapaniwala'ng sigaw ni Noona at saka siya mabilis na tumayo at maraha'ng tumakbo papalapit sa'kin. Kasalukuyan pa lang ako'ng nakatayo pagkababa ng hagdan.

Doon ko lang siya napagmasdan at talaga'ng naagaw ang atensyon ko ng malaki ng tiyan niya!

A-Ang laki na ng tiyan niya..

G-Ganon ba talaga ako katagal na nabaliw para hindi ko man lang makita'ng lumaki ang tiyan niya?

Napailing pa ako sa isipi'ng 'yon at saka lihim na napangiti habang nakayakap si Noona sa'kin at ako naman ay wala'ng kibo,

Ang mahalaga.. ngayon makikita ko na siya..

"I miss you so much, Deib.." maluha-luha'ng sambit niya pa. **"I-I'm sorry kung w-wala man lang ako'ng magawa para sa'yo.."**

"Tch!" singhal ko sa kaniya. **"Umalis ka nga d'yan, baka pabango ko ang malanghap ng baby mo at ako ang kilalani'ng ama.."** biro ko pa sa kaniya at malaki ang naging pagngiti niya!

"Namiss talaga kita! Huhuhuhuhu! H'wag ka ng magkukulong ulit, please? N-Natatakot ako e.."

"Oo na, alis na.. Nasaan ang bisita ko??" nakangiti'ng tanong ko sa kaniya at natigilan naman siya. **"Nasaan ang bisita ko?"** nakangiti pa'ng pag-uulit ko.

"Sa wakas! Naayos ang turnilyo mo! Kailangan mo lang pala'ng masaktan para tumino ka!"

Hindi ko na kinakailanga'ng lingunin pa ang pinagmulan ng boses na 'yon dahil alam ko'ng si Chairman lang naman 'yon.

Napapailing na tumingin ako kay Noona at bakas naman ang takot sa mukha niya.

"Kakain na muna ako, baka ma-late ako." nakangiti'ng sabi ko pa kay Noona at saka ginulo ang buhok niya.

Saka ko nilampasan si Chairman at dumeretso sa dining area.

Pero agad ri'ng natigilan ako 'di pa man ako tuluya'ng nakakaratin sa mismo'ng pwesto ng table.

Nakaramdam ako ng panlulumo ng si 'di inaasahan ay si **HEURT** ang makita ko.

"Deib, have a seat." utos pa sa'kin ni Daddy dahilan para mabalik ako sa reyalidad.

Napabuntong-hininga pa muna ako at napailing bago muli'ng nakakilos.

"Hindi mo ba nagustohan ang nakita mo?!" sarkastiko'ng bulong pa sa'kin ni Chairman na nagpaumuna'ng maupo sa pwesto niya sa table na 'yon.

Saka pa lang ako kumilos at naupo sa pwesto ko. Hindi naman naalis kay Heurt ang paningin ko.

A-Ano'ng ginagawa niya dito?!

Ngunit bagaman, dismayado ako dahil imbes na si Taguro ay siya ang nakita ko..

B-Baka masabi niya sa'kin kung nasaan si Taguro.. O 'di kaya naman ay baka.. pumunta talaga siya dito para sabihin sa'kin kung nasaan si Taguro??

Nakaramdam ako ng bahagya'ng tuwa sa puso ko sa isipi'ng 'yon.

"B-Bakit hindi niyo yayai'ng kumain si Noona?" pagbabasak ko pa sa katahimikan nila.

"Ayoko ko siya'ng kasabay, may problema?!" tanong ni Chairman at tiningala ko naman siya. Napabuntong-hininga na lang ako at saka naglagay

ng isang itlog at isang hotdog sa plato ko. **"Mabuti naman at nagising ka na?!"** sarkastiko'ng tanong pa niya.

"Ginising niyo ko e." pabalang na sagot ko at pabagsak niya'ng ibanaba ang hawak niya'ng puswelo.

"D-Deib.." bulong pa sa'kin ni Mommy pero palihim lang na napangisi ako.

"Ganito pala ang naidulot sa'yo ng pagiging brokenhearted mo ng mga ilang buwan, Deib Lohr?!" sarkastiko'ng tanong ni Chairman at nawala naman ang ngiti sa mukha ko. **"Naging bastos ka!"** sigaw niya pa at nagsimula na lang ako'ng kumain. **"Sabagay, hindi na ako dapat pa'ng magtaka dahil maaari'ng nahawa ka ng kabastusan sa *'kaniya'*."** makahulugan at tatawa tawa'ng dagdag ni Chairman dahilan para inis ako'ng tingnan siya! Pero ang ngisi niya ay agad ri'ng nawala at napalitan ng galit! **"Siguraduhin mo'ng matatapos mo ang huli'ng taon mo sa high school at magagawa mo'ng makapasa Pre-Med mo for the next school year---dahil kung hindi.. hindi rin ako magdadalawa'ng isip na palayasin ka---"**

"Ayoko'ng magdoktor." tipid na sagot ko at natigilan siya.

Gulat na nilingon ako nina Mommy, Daddy at Manang pero nanatili ako'ng nakatingin ng deretso kay Chairman.

"A-Ano kamo?!" nanggagalaiti'ng tanong ni Chairman at napabuntong-hininga naman ako saka sumandal sa kinauupuan ko.

"Kahit patayin niyo ko ngayon---ayoko'ng magdoktor.."

"Deib Lohr!" sigaw sa'kin ni Chairman pero wala'ng nagbago sa reaksyon ko. Ni hindi man lang nagawa'ng pakurapin ng sigaw niya ang mga mata ko. **"A-Ano'ng sinasabi mo!"**

"A-yo-ko'ng mag-dok-tor.. Ayoko'ng magdoktor!" pag-uulit ko at napatayo siya sa galit at naihampas ang kamay niya sa mesa! **"G-Gusto ko'ng maging Engineer."** pagmamatigas ko at lalo'ng nagngalit ang mukha niya. **"Sisiguraduhin ko sa inyo'ng tatapusin ko ang high school ko at maipapasa ko ang Entrance Exam para maging Engineering student, Chairman."** mataas ang kumpyansa'ng dagdag ko pa.

"L-Lumayas ka sa harap ko.." nanggagalaiti'ng usal niya at napatungo naman ako. **"L-Lumayas ka ngayon sa harap ko---bago pa man ako may magawa sa'yo.."** ulit niya pero hindi ako natinag. **"Lacey!"** sigaw niya at napatayo naman si Mommy. **"Palayasin mo sa harap ko ang anak mo!"**

"L-Let's go, Deib.." bakas ang takot pa'ng pakiusap ni Mommy sa'kin at kusa na ako'ng tumayo. Hindi ko na hinayaa'ng akayin pa ako ni Mommy at ako na ang kusa'ng naglakad papunta sa sala.

Bakas ang pag-aalala sa mukha ni Noona nung makita niya ako'ng muli at ngingisi ngisi naman ako'ng iniiwas ang paningin ko sa kaniya.

"D-Deib.." dinig ko'ng tawag sa'kin dahilan para mapalingon ako sa pinanggalingan namin. Si Heurt. Tiningnan ko siya ng deretso ngunit blangko. **"S-Sasabay na ako sa'yo.. k-kung ayos lang.."** dagdag niya at tumango naman ako.

Tiningnan ko lang si Noona at saka ako humalik kay Mommy. Dumeretso ako papalabas papunta sa kotse ko at mabilis ri'ng sumakay dito. Nung makita ko'ng nakatayo lang sa labas ng kotse si Heurt ay muli ako'ng bumaba para pagbuksan siya ng pinto.

Mabilis ko'ng pinaandar ang kotse ko papalayo sa bahay namin, at 'di pa man kami tuluya'ng nakakalabas ng village ay nagsalita na ako.

"A-Ano'ng ipinunta niyo dito, T-Tita M-Mommy??" utal pa'ng tanong ko at naramdaman ko naman ang paglingon niya sa'kin.

"N-Nalaman ko kasi ang nangyari sa'yo.." sagot niya at napangisi naman ako.

"Ano po ba'ng nangyari sa'kin?" sarkastiko'ng tanong ko na nilingon pa siya saka muli'ng itinuon ang paningin sa pagmamaneho.

"A-Alam ko'ng ilang buwan kang hindi pumasok ng dahil kay Maxpein.." sagot niya at natigilan naman ako. Ramdam ko ang dahan daha'ng pagkawala ng ngisi sa mukha ko at nakinig na lang ako sa kaniya. **"H-Hindi niya alam na ganiyan ang nangyayari sa'yo---"**

~EEEEEEEEENKKK!!!~

MABILIS KO'NG NAIHINTO ANG KOTSE!

Nanginginig ang mga kamay ko'ng nakahawak sa manibela at ultimo'ng bagang ko ay gumagalaw na! Kakaiba ang galit na naramdaman ko sa dibdib ko at pilit ko'ng pinigilan 'yon bago ako tuluya'ng lumingon sa kaniya.

"H-Hindi niya alam?!" nangingilid ang luha'ng tanong ko! Pilit ko'ng 'di ipinapakita sa kaniya ang galit na nararamdaman ko ngunit mukha'ng kusa ito'ng lumalabas sa'kin! **"Nasaan ba siya!"** sigaw ko pa pero umiling lang siya at doon ko na hindi napigilan ang pagpatak na naman ng mga luha ko. **"B-Bakit ba ganon na lang k-kadali sa kaniya ang i-iwan ako?!"**

"H-Hindi mo naiintindihan---"

"Maiintindihan ko kung magpapaliwanag siya!" pigil ko sa kaniya. **"U-Umalis siya ng wala'ng pasabi.."** animo'ng nakikiusap pa'ng dagdag ko at napabuntong-hininga naman siya. **"K-Kita'ng kita niyo naman kung a-ano'ng huli'ng pagsasama namin---okay na okay kami! At mas naging okay pa kami pagkauwi niyo'ng lahat.. D-Dahil tulad ng paulit-ulit niya'ng sinasabi sa'kin niya lang ipinapakita ang tunay na nararamdaman niya para sa'kin---pero hindi ko m-maintindihan kung bakit n-nagkaganito bigla.."**

"Dahil hindi niya kinaya ang lahat ng nalaman niya.."

"K-Kung 'yan ang dahilan niya ay maiintindihan ko naman.. H-Hindi niya na ako kailanga'ng iwan.."

"Kailangan mo'ng maintindiha'ng kailangan niya'ng mapag-isa, hijo.."

"Yan na nga po ang hindi ko maintindihan e! Bakit mas pipiliin niya'ng maging mapag-isa?! Kapag mag-isa siya wala siya'ng masasabihan ng mga problema niya! Wala'ng makikinig sa kaniya at mas lalo'ng wala'ng aasikaso sa kaniya!"

"Pero 'yon lang ang paraa'ng meron siya para malampasan ang pinagdadaanan niya.." sagot niya at sandali'ng natigilan ako. Tatangu-tango'ng iniiwas ko ang paningin ko at saka kunwari'ng nakangiti'ng bumuntong-hininga.

"Kung ganon.. ano'ng ipinunta mo sa'kin?" pabalang na tanong ko at napayuko muna siya bago muli'ng magtama ang paningin namin.

"Gusto ko lang sana na.. p-pakiusapan ka'ng ipagpatuloy mo ang pag-aaral mo kahit wala siya.." sagot niya at ngingisi ngisi'ng naiiwas ko ang paningin ko sa kaniya. Pilit ang ngiti at pigil ang emosyo'ng naituon ko ang galit ko sa mga kamay ko dahilan para mapahigpit ko ang hawak ko sa manibela! **"H-H'wag mo naman sana'ng sirain ang buhay mo ng dahil sa kaniya---"**

"Kailan siya babalik?" pigil ko sa kaniya at napatingin naman siya ng deretso sa'kin. **"Sabihin niyo lang sa'kin kung kailan siya babalik.. hindi niyo na kailanga'ng makiusap pa.."**

"H-Hindi ko rin alam.." sagot niya at mabilis ang naging panlulumo ko.

Pakiramdam ko ay binambo ang ulo ko at hindi ko matanggap ang narinig ko.

Mabilis na nangilid ang mga luha ko at saka ako inis napahilamos sa mukha ko.

"Pero i-isang bagay ang masisiguro ko sa'yo." dagdag niya dahilan para muli'ng mapalingon ako sa kaniya. **"Babalik siya.. sa'yo.."** aniya pa at saka ngumiti at lumabas ng kotse.

OceanofPDF.com

CHAPTER 162

TOB'S POV

Nasa kalagitnaan kami ng discussion nung bigla'ng pumasok si Deib.

"Oh, Mister Enrile?" gulat pa'ng bati ni Sir sa kaniya.

Tinanguan lang siya ni Deib at saka nakayuko'ng naglakad papunta sa upuan niya.

Halos ang lahat ay nagulat sa pagdating nila.

Ilang buwan siya'ng hindi pumasok.. tapos ngayon ay bigla siya'ng papasok at ganiyan pa ang itsura niya?

Bakas ang lamya sa kilos niya.

Bagsak ang katawan at mugto ang mga mata.

Hindi naalis ang paningin ng halos lahat sa kaniya hanggang sa tuluyan siya'ng maupo sa upuan niya. Tumitig lang siya sa table niya at habang magkahawak ang kamay. Napalingon ako kay Sir Gabrido at ultimo'ng siya ay bakas ang magkahalo'ng gulat at awa na nararamdaman kay Deib.

Sa dumaa'ng buwan na wala sila Max at Deib ay naging maingay pa rin ang pangalan nila. Simula sa gulo'ng nangyari sa pagitan namin nila Choco hanggang sa pag-alis ni Max at pagkukulong ni Deib ay alam na alam nila. Nababasa sa mga blogs ng mga blogger na students ang tungkol sa nangyari samin, lalo'ng lalo na yung kila Maxpein at Deib.

Bulungan dito, tsismisan d'yan at kung anu-ano pa'ng may kinalaman sa kanila ang naririnig ko.

"A-Are you okay, Mister Enrile?" pormal na tanong ni Sir Gabrido sa kaniya at inosente nama'ng iniangat ni Deib ang paningin niya dito.

"Y-Yes, Sir. Sorry, I'm late." sagot ni Deib sa magalang na tono.

"You've been absent for months, are you sure you can cope up with the topics? Please don't get me wrong." malumanay ang tono'ng dagdag pa ni Sir at pilit na ngiti naman ang isinukli sa kaniya ni Deib. **"But if you some help with the topics, I can help you."**

"Thank you, Sir."

"Can we continue?" nakangiti'ng tanong pa ni Sir.

"Go on, Sir." tipid na sagot ni Deib at saka tumulala sa white board.

Nagsimula na muli magdiscuss si Sir pero hindi ko magawa'ng ibalik sa kaniya ang paningin ko. Napako ang tingin ko sa blangko'ng emosyon ni Deib.

Hanggang sa matapos ang pang-umaga'ng subjects ay nanatili'ng ganon ang itsura ni Deib. Kaya naman nung maglunch break ay agad ako'ng lumapit kay Lee.

LUNCH BREAK.

"Lee.." bulong ko pa sa kaniya at nilingon niya naman ako. **"M-May napapansin ka kay Deib?"**

"Bakit?"

"H-Hindi mo napapansin ang pananahimik niya?" pabulong pa'ng tanong ko.

"Pwede ba naman siya'ng mag-ingay sa loob ng klase? Tsh! Alis nga d'yan." sagot niya na tinabig pa 'ko at lumapit kay Deib saka umakbay dito. **"Namiss kita!"** nakangiti'ng dagdag niya pa.

"Hup, Lee.." matamlay na bati naman ni Deib sa kaniya.

Hup, Lee..?? Ano'ng pauso 'yun?

"Buti naman, pumasok ka na?" tanong ni Lee.

"Oo nga, Deib??" sabat ko.

"Namiss ko kayo." sagot ni Deib at saka isinabit sa likod ang bag niya. **"Tara, hindi ako nakakain sa bahay e."** yaya niya at saka nagpaumuna'ng maglakad.

Nagkatinginan naman muna kami ni Lee bago sumunod sa kaniya.

"Oh my God, what happened to Deib? Huhuhuhu! Ang sad sad ng face niya!"

"Ang gwapo niya pero ramdam ko ang sadness niya."

"Nasaan na ba kasi si Taguro?"

"Sshhh, baka marinig ka niya, lagot ka."

Malakas ang naging bulungan nung mga students na nakakakita sa kaniya. Halos ang lahat ay nagulat pa nung makita siya. Late na siya'ng dumating kaya naman panigurado'ng wala rin halos nakakita sa kaniya sa pagpasok niya.

Pati ang mga kaibigan ni Max ay nagulat nung makita siya, lalo na si Naih.

"D-Deib.." gulat pa'ng tawag ni Naih sa kaniya at tiningnan namans siya ni Deib.

"Ako na ang oorder, dito na lang kayo." sabi pa ni Lee. Naupo kami'ng lahat sa table nila Naih at lahat sila halos ay nakatingin kay Deib. Matunog pa rin ang bulungan ng mga students na nakakakita sa kanila pero itinuon ko ang pansin ko dito sa mga kasama namin.

"K-Kumusta ka na??" bakas ang pag-aalala sa tono'ng tanong pa ni Parrot. Agad nama'ng sinuklian ni Deib ng pilit na ngiti 'yon.

"Ayos lang.. siguro.." kunwari'ng natatawa pa'ng sagot ni Deib at bumalatay naman ang pagkahabag sa mukha ni Naih. Dahan dahang inilapit ni Naih ang kamay niya kay Deib at hinawakan 'yon.

"D-Deib.."

"Gusto ko'ng maging okay kaso.. ang h-hirap.." nakangiti si Deib pero makikita mo ang lungkot sa mga mata niya.

"M-Maniwala ka man o hindi, masaya talaga ako'ng makita ka uli.." dagdag ni Naih at pilit na ngiti na naman ang isinagot ni Deib sa kaniya. **"E-Everything happens for a reason Deib, at i-ikaw lang ang makakatulong sa sarili mo ngayon.. S-Sana 'wag kang sumuko.."**

"Ayaw siya'ng isuko ng puso ko, Parrot.." pilit ang ngiti'ng tugon ni Deib sa kaniya. **"N-Naiisip ko pa lang na suko na 'ko.. a-ako mismo ang nasasaktan.. This is crazy.."** ngingisi ngisi pa kunwari'ng aniya pa.

Pakiramdam ko ay pati ako nasasaktan dahil sa nakikita ko'ng emosyon niya.

Nung mga araw na wala si Deib ay wala rin kami'ng ibang pinag-usapan kung hindi siya at si Maxpein. Wala ni isa sa'min ang may alam kung nasaan si Max, kahit pa si Naih. Aminado siya'ng nakukunsensya siya dahil pakiramdam daw niya ay wala siya'ng magawa para kay Deib dahil hindi niya daw talaga alam kung saan hahanapin ang kaibigan niya'ng maski sa kaniya ay hindi nagawa'ng magpaalam.

Pinupuntahan rin namin si Deib sa bahay nila pero hindi man lang niya kami pinagpakitaan ni isa'ng beses. Binabalitaan kami ni Dein ng tungkol sa kaniya at base sa mga kwento ni Dein ay mag-aalala ka talaga para kay Deib. Bagay na ipinagtatampo ko pero naiintindihan ko kahit papano.

Gusto kita'ng tulungan, dre.. Pero hindi ko rin alam kung pa'no.. Kaya ang tanging magagawa ko lang ay makinig sa mga nararamdaman mo.

"Oh, Mister Deib Lohr Enrile!"

Sabay sabay kami'ng napalingon sa Entrance ng Canteen sa pamilyar na boses na 'yon at bumungad sa'min ang nakangisi'ng nang si Sir Ciufan.

Tiningnan lang siya ni Deib.

"Kumusta ang penitensya?? May napala ka ba??" sarkastiko pa'ng tanong ni Sir Ciufan kay Deib.

"Sir.." bigla'ng sulpot ni Lee at hinarap naman siya ni Sir Ciufan. **"Hindi pa natin siya dapat na binibiro ng gan'yan."** pormal pa'ng pakiusap ni Lee.

"Aba e, sino ba'ng nagsabi'ng nagbibiro ako? Hahahahahaha! Ano, Mister Enrile? Nasaan na ang nobya mo?! Bagsak na siya sa subject ko!" sigaw pa ni Sir dahilan para mas maagaw ang atensyon ng iba'ng mga estudyante'ng nandoon. **"Akalain mo'ng susuko rin pala ang hambog na 'yon? At dinig ko'y malupit pala'ng talaga ang isa'ng 'yon? Tsk tsk tsk. Kung sino pa'ng matunog ang pangalan ay siya pa'ng mahilig sa bakbakan! Aba'y tingnan mo nga naman ang buhay ng mga kabataan ngayon, ano?"**

Hindi pa rin kumibo si Deib at tulala lang na nakatingin sa kaniya.

"S-Sir, please.." pakiusap pa ni Lee at umiling si Sir.

"Tsk tsk tsk.. Paano kasi? Kebabata niyo pa---wala kayo'ng inatupag kung hindi ang iya'ng love life---love life na 'yan! Ayan ang napapala niyo, hahahahahahaha! Talaga namang sumusunod si del Valle sa yapak ni Rizal, tsk tsk tsk! O siya sige, kakain na 'ko." paalam pa ni Sir Ciufan at saka nilampasan kami.

"King inang 'yun?! Lakas ng gapak sa ulo e, no?!" sabat ni Naih at natatawa naman kami'ng sinulyapan siya. **"Me gusto rin ata ke Max 'yan e! Panay ang banggit ke Max---e wala nga! Hindi rin maka-move on ang king ina!"** dagdag niya pa at saka napapabuntong-hininga'ng tumingin muli kay Deib. **"Pasensya ka na ah?? A-Alam ko.. h-hindi ako ganito sa'yo at h-hindi mo 'ko kilala'ng ganito pero.. pasensya ka na talaga.. Kung alam ko lang talaga kung saan pwede'ng puntahan si Max, ako mismo ang susugod sa kaniya---"**

"Ayos lang.." pigil sa kaniya ni Deib dahilan para lingunin namin siya. **"Dahil tulad noon kay Randall.. kung gusto niya'ng magpakita sa'kin ay hindi na natin siya kailanga'ng hanapin.."** malungkot ang tono'ng dagdag niya pa at natahimik naman kami. Palihim pa kami'ng nagkatinginan saka nanahimik.

Naging tahimik rin ang pagkain namin nung dumating ang in-order ni Lee.

"Ngayon ko na lang ulit natikman ang free lunch! Yiiieee!" biro pa ni Migz.

"Bakla ka, hindi ka naman hampaslupa---pero ewan ko ba't nagdidiwang ka sa libre?!" biro naman ni BJ sa kaniya.

"Letse ka, parang ikaw ay hindi ah?! Bakla'ng 'to---nakakailang extra rice ka nga!" singhal naman ni Migz sa kaniya.

"Aba, ganon!? Bilangan ng extra rice---ganon?!" sumbat naman ni BJ.

Nasa ganoon kami'ng sitwsyon nung bigla'ng dumating si Kim at kay Deib agad nakatuon ang atensyon niya.

"Oh my God---Deib!" bungad niya at tiningala naman siya ni Deib. **"You're really back!"** gulat pa'ng aniya at saka naupo sa tabi ni Deib. **"W-What happened to you?"** bakas ang pag-aalala'ng tanong niya pa.

"Ate Kim, brokenhearted si Deib.." malungkot na sabat ni Michiko at gulat naman kami'ng napalingon sa kaniya!

"My God, teh!" bigla'ng reaksyon ni Migz. **"Alam ng lahat na nagkaganon ang Deib Lohr! 'Wag ng ipagmalaki ha?! Bakla'ng 'to, repition of term?! Kaloka.."** nanlalaki pa ang mga mata'ng biro niya pero hindi na namin siya pinansin pa. Muli'ng nabaling ang atensyon namin kay Deib na nagtuloy lang sa paglalaro ng pagkain niya.

"D-Deib, are you okay?" nag-aalala'ng tanong pa ni Kim.

"Pa'no ba maging okay?" nakangiti ngunit malungkot na tanong pa ni Deib na ikinabigla naman ni Kim.

"I-I'm sorry.." paumanhin pa ni Kim at saka sinsero'ng tumingin sa kaniya. **"I h-hope you're okay now.."**

"I'm not.." mabilis na sagot ni Deib. **"At hindi ko alam kung magiging okay pa ba ako---"**

"Deib, please don't say that.." pigil agad sa kaniya ni Kim.

"I'm sorry, but I'm not ready for this." mabilis na sagot ni Deib at saka tumayo at naglakad papalayo.

Nagkatingin pa kami'ng lahat at saka kami sabay na tumayo ni Lee at sumunod kay Deib.

"Deib!" sigaw pa ni Lee at patakbo naman kami'ng sumunod sa kaniya.

Maluha-luha si Deib nung makita namin ang mukha niya.

Bakas sa kaniya ang pagpipigil ng emosyon niya.

Bagaman salubong ang mga kilay niya ay makikita mo'ng malungkot siya at nasasaktan.

"D-Dre.." mahina'ng tawag ko pa sa kaniya at saka hinawakan siya sa balikat. Napaupo siya sa pinakamalapit na bench sa Batibot at napahilamos

sa mukha niya.

"N-Nahihirapan na 'ko.." mahina'ng tugon pa ni Deib. **"P-Paano ako m-magiging okay kung alam ko'ng pagpasok ko dito.. b-bawat lugar na tingnan ko ay siya ang makikita ko? Bawat tao'ng kausapin ko.. pangalan niya ang naririnig ko.."** gumagaralgal ang boses na tanong niya pa at naupo naman ako sa tabi niya.

Hindi ko alam kung ano'ng dapat ko'ng sabihin.

Nanatili'ng nakatayo si Lee sa harap niya at saka dahan daha'ng naupo sa sarili'ng paa sa harapan namin ni Deib.

"Deib.." mahina'ng usal pa ni Lee pero hindi man lang siya tiningnan nito. **""I k-know that this is hard for you, b-but you have to be strong.."** mahina'ng dagdag pa ni Lee at muli'ng napahilamos si Deib sa mukha niya.

"P-Pa'no nga, Lee?? Pa'no??" tanong pa ni Deib. **"P-Para ako'ng naghihintay sa tao'ng hindi ko alam kung b-babalik pa nga ba.."**

"W-Wala naman siya'ng sinabi'ng hindi na siya babalik, hindi ba?" tanong ni Lee na sumulyap pa sa'kin. **"A-Ang sabi niya kay Tob ay matagal lang siya'ng mawawala---pero wala siya'ng sinabi'ng hindi na siya babalik.."**

"Pero 'yung paghihintay ang mahirap, dre.." naluluha ng sagot ni Deib sa kaniya dahilan para matigilan si Lee at mapatingin na lang sa kaniya. **"Para ako'ng pinapatay araw-araw---dahil kahit ayaw ko ay kusa siya'ng pumapasok sa isip ko. Gusto ko'ng bumangon pero parang hina'ng hina ako. A-Akala mo ba, madali??"**

"H-Hindi 'yon ang ibig ko'ng sabihin, dre.." parang napapahiya pa'ng sagot ni Lee.

"A-Ang hirap maghintay.. Ang hirap makalimot.. P-Pero ang mas nagpapahirap sa'kin ay 'yung katotohanan na hindi ko alam kung dapat ko ba'ng *'maghintay'* o *'makalimot'*.."

"Deib, d-don't say that.."

"H-Hindi ko kasi matanggap na.. k-kung ga'no kahirap para sa'kin ang mawala siya sa paningin ko ay natatagalan niya ng ilang buwan na wala ako.." napahawak pa si Deib mga mata niya upang pigilan ang pagtulo ng luha. **"A-Alam ko, h-hindi rin siya okay.. na dapat niya'ng hanapin ang sarili niya, na kailangan niya'ng mapag-isa.. P-Pero p-pa'no naman ako? W-Wala ako'ng makita'ng maganda'ng dahilan para maiwan ng ganito.."**

"H-Hindi kasi madali ang pinagdadaanan ni Maxpein, dre.." sabat ko at tumango naman siya.

"N-Nagkamali ako nung isipin ko'ng.. kahit ga'no pa kahirap ang pinagdadaanan niya ay makakaya niya dahil n-nandon ako sa tabi niya.." pigil ang luha'ng sagot niya at saka huminga ng malalim. **"A-Alam ko namang kaya ko'ng maghintay.. p-pero hanggang kailan??"**

"H-Hindi natin alam, Deib.. Wala'ng nakakaalam.." sagot ni Lee at napatango naman siya.

"Ni h-hindi ko nga alam kung may hihintayin pa ba ako.."

"D-Dre, babalik si Max.." sabat ko ulit at tumingin naman siya sa semento. Ayun na naman 'yung napakalungkot niya'ng mga mata.

"G-Gabi gabi, n-nagpapadala ako ng voicemail sa kaniya.." pilit ang ngiti'ng kwento niya pa at napatulala naman ako sa kaniya. **"G-Gabi gabi r-rin.. hinihiling ko na sana maski isa'ng beses lang.. sumagot siya.."** at saka tumulo ang mga luha niya.

Hindi ko maintindihan ang pakiramdam.

Parang pati ako ay nasasaktan.. P-Pero ano'ng gagawin ko??

Napaakbay ako sa kaniya at halos yakapin ko na siya dahil pakiramdam ko ay hahagulgol na siya'ng parang babae.

"B-Bakit ganon na lang kadali sa kaniya ang i-iparamdam sa'kin 'to? H-Hindi ako handa.." lumuluha pa'ng dagdag niya. **"Parang napakadali para sa kaniya'ng iwan ako.."**

"Pano ka nakakasiguro?" tanong ni Lee at natigilan siya si Deib saka siya tiningnan sa mga mata. **"Pano ka nakakasiguro'ng madali para sa kaniya na iwan ka??"** seryoso'ng tanong ni Lee at mas natigilan si Deib. **"Dre, mahal ka ni Max.."** animo'ng nangungumbinsi pa'ng dagdag ni Lee at mabilis nama'ng nangilid ang mga luha sa mga mata ni Deib. **"At kung nahihirapan ka ngayon ay panigurado'ng mas nahihirapan siya dahil bukod sa pinagdadaanan niya ay naiisip ka rin niya.. Siya ang nang-iwan at hindi rin madali'ng gawin 'yon.. Dre, k-kailangan niya ngayon ng pang-intindi at ikaw ang kauna-unaha'ng tao'ng inaasahan niya'ng makakagawa non.."**

Hindi nakasagot si Deib sa kaniya at napabuntong-hininga si Lee dahil hindi na siya nakatanggap ng ano ma'ng pangongontra pa mula kay Deib.

Hindi ko alam kung ano'ng sasabihin ko o kung dapat pa ba ako'ng magsalita.

Ang tanging alam ko lang ay nasasakatan rin ako para sa kaibigan ko.

♥ A ♥ FEW ♥ MONTHS ♥ LATER ♥

Mabilis na dumaan ang mga araw, linggo at buwan..

Malaki na rin ang nagbago kay Deib. Pumapasok siya pero hindi mo mararamdaman ang presensya niya, *ang mahalaga pumapasok siya.*

"Okay class, take out your assignments. We'll have our final graded recitation." *sabi ng Lec sa English at sumunod naman agad kami.* **"We'll start with.. you, Mister Enrile."** *tawag niya dito at nilingon ko naman si Deib.*

Tulala na naman!

"D-Deib, tawag ka ni Sir.." *bulong ko pa sa kaniya at agad naman siya'ng bumalik sa wisyo.*

"Y-Yes, Sir?" *tanong pa ni Deib.*

"Where's your assignment??" *tanong pa ni Sir at don pa lang kumilos si Deib.* **"Recite in front."** *utos pa nito at sumunod naman si Deib. Tumayo siya sa harap at lahat naman kami ay tumingin sa kaniya. Wala siya'ng tiningnan maski isa at itinuon niya lang ang paningin niya sa papel na hawak niya.*

"Y-You.." *huminto si Deib at lalo'ng natuon sa kaniya ang paningin ng mga classmates namin. Huminga pa muna siya ng malalim at saka nagtuloy.* **"Y-You never told me you were leaving. I waited for days, weeks and months. You promised me something, do you recall? "Life must go on,"---they say, "I don't want to move on, so I'll stay,". W-Where are you?? I can still feel you, can still hear you, can I see you?"** *at nagsimula'ng gumaralgal ang boses niya dahilan para mapakunot ang noo ko't maawa'ng panoorin siya. Bakas ang hirap niya'ng ituloy ang sarili'ng isinulat.* **"As I lay in bed at night, I'm begging my covers to hold me tight. *Already closing my eyes but you're still in my sight. Hugging my pillow while looking at the window. Touching my own skin, I hope it was you I'm feeling. I'll just do it over and over again, pretending you are here.*"** *ramdam namin ang bigat ng paghinga niya.* **"I wore a mask to smile.. b-but in my heart---I cry.. I d-designed the mask to hide the lies hoping it'll fade as time flies.."** *bakas ang pangingilid ng mga luha sa mga mata'ng nagtuloy pa siya.* **"I know you're tired of hearing this.. but please let me continue? You're the only one that I miss! I don't care about the kiss.. only seeing you can stop my tears---"** *huminto siya at napayuko. Sa itsura niya ay parang bata'ng iiyak na siya.*

"A-Are you okay, M-Mister Enrile?" *bakas ang pag-aalala'ng tanong ni Sir at hindi sumagot si Deib.* **"O-Okay, thank you f-for that.. go back to your s-seat.."** *parang nahihiya pa'ng dagdag ni Sir at tumango lang si Deib at saka bumalik sa upuan niya.*

Nag-aalala'ng nilingon ko naman siya pero napayuko agad siya sa mga kamay niya at saka tahimik na umiyak.

Nakatingin pa rin ang karamihan sa kaniya kaya naman nung lingunin ko Sir at tanguan niya ako ay agad ako'ng lumapit kay Deib.

"D-Dre, g-gusto mo ba'ng lumabas muna?" *mahinaho'ng tanong ko pa at mabilis na umiling naman siya at saka pinunasan ang mga luha niya.* **"D-Deib.."**

"O-Okay lang ako, Tob.." *pilit ang ngiti'ng aniya pa pero nanatili ako'ng nakatingin sa kaniya.* **"N-Namputsa naman, oh.. U-Umiiyak na nga ko nung s-sinulat ko 'to---hanggang recital ba naman? Tsk! D-Deib, p-pa'no ka papasa niyan?"**

"D-Dre.." *tawag ko ulit sa kaniya at don palang siya tumingin sa'kin.*

"W-Wala naman ako'ng iba'ng choice kung hindi maging okay, Tob.. O-Okay lang ako.." *sabi niya pa na hinawakan ako sa braso.* **"M-Makita lang kita, o-okay na okay na 'ko.."** *pilit ang ngiti'ng dagdag niya pa habang nakatingin sa'kin at tiningnan ko naman muna siya sa mata bago bumalik sa upuan ko.*

Sumobra na siya sa tahimik at kami lang ni Lee ang kinakausap niya ng maayos, *ang mahalaga nagsasalita pa rin siya*. Kahit sila Naih, Michiko, Migz at BJ ay naging ilag sa kaniya dahil sa malamig na pakikitungo niya, *ang mahalaga nakikisama pa rin siya.*

Kahit kami ni Lee ay nahirapan makisama kila Michiko at Naih dahil madalas ay makikita na lang siya'ng nakangiti at tulala'ng nakatingin sa'min sa t'wing pare-pareho kami'ng naglalambing, *ang mahalaga nakakangiti pa rin siya*.

"Uyy, guys! Sa Saturday ah?! Anniversary nila Mommy't Daddy.. Sa wakas ay nakuha na ang *'birth certificate'* **ko! Yiiieee!"** *masaya'ng kwento ni Michiko at lahat naman kami ay tuwa'ng tuwa'ng napatingin sa kaniya.*

"Talaga teh?! Sa wakas! Oh e ano ng last name ang gagamitin mo n'yan??" *tanong ni Migz.*

"Saji! Hehehehe!" *sagot ni Michiko.*

"Saji?! Ano'ng klase'ng apelido 'yun?!" *si BJ.*

"Saji ang last name ng Daddy ko---Japanese siya, remember?!" *nakangiti'ng tugon pa ni Michiko at tumango tango naman yung mga kaibigan niya.*

"Bagay na bagay talaga kayo ni Tob, pareho kayo'ng may dugo'ng Japanese.." *sabat ni Lee at nakangiti'ng nilingon ko naman siya.*

"Pero hindi ako tumira sa Japan, unlike Tobi.. Right, baby??" *baling sa'kin ni Michiko.*

"Gusto mo ba'ng itira na kita sa Japan??" *malambing na tanong ko pa.*

"Yiiiieeeee!!" *kinikilig na reaksyon niya.* **"K-Kasama ka?!"**

M-Malamang, baby.. A-Alanga'ng iwan kita mag-isa? Huhuhuhu!

"Hindi teh, ilalayo ka talaga ni Tob dito! Bumababa ang Edukasyon ng Pilipinas dahil sa'yo, nakakaloka ka!" *biro pa ni Migz kay Michiko at nagtawanan naman kami.*

"Pero Tob, saan mas masaya?? Dito sa Pinas o sa Japan??" *sabat ni Naih at napaisip naman ako. Tumingin sila'ng lahat sa'kin.*

"Hmm, totoo'ng napakaganda ng Japan.. Kitakyushu Space World pa lang---wala ng sinabi ang Enchanted Kingdom." *pagmamalaki ko pa.* **"Masasabi ko'ng mas maganda ang Japan pagdating sa Economy at lugar, pero nandito ang buhay ko sa Pilipinas!"** *nakangiti'ng dagdag ko na sinulyapan pa si Michiko.*

"Psh! Puro ka pa-sweet d'yan! Hindi mo naman nasagot ang tanong ko!" *singhal ni Naih at natawa naman ako sa kaniya.* **"Hindi pa kasi ako nakarating sa Japan e, mukha'ng bagay pa naman sa'kin 'yung kimono nila! Hehehehe!"**

"Ayy, gusto ko rin 'yan!" *sabat ni BJ at nilingon naman namin siya.*

"Ayy hindi! Teh, mas bagay sa'yo ang bakya!" *biro naman ni Migz kay BJ at lalo kami'ng nagtawanan.*

"Ikaw, sweetie?" *banat ni Lee at nilingon naman namin siya.*

"Mmm? Ano'ng ako?!" *nakangiti'ng tanong naman ni Naih.*

"Saan mo gusto? Sa Cebu? O sa puso ko?" *banat ni Lee at natawa naman kami.* **"Hahahaha!"**

"Yiee!"

"Psh! Pa'no pa makikita ng buo'ng mundo ang ganda ko kung ititira mo ko d'yan sa puso mo? Syempre mas maganda sa Cebu! Hahahaha!" *tatawa tawa'ng sagot ni Naih.*

Naagaw ang atensyon ng lahat nung bigla'ng tumayo si Deib.

"W-Where are you going?" *bulong ko sa kaniya.*

"U-Uuwi na 'ko.."

"H-Ha? M-May afternoon class pa tayo e?"

"P-Pasensya na." *pilit ang ngiti'ng sagot pa ni Deib at saka naglakad papalayo.*

Hindi na namin siya sinusundan pa kapag ganon ang nagiging desisyon niya.

Hirap pa rin siya'ng makasabay sa mga topics namin kaya binibigyan siya ng sarili niya'ng module para makahabol siya, *ang mahalaga sinusubukan niya*.

Sa basket ay hindi rin siya malakas maglaro, pati kalaban pinapasahan niya ng bola kaya sa huli puro **"SORRY."** nalang siya, *ang mahalaga alam niya ang mali niya*.

Alam ko hindi siya umiiyak sa harap namin pero kapag mag-isa siya, nasisiguro ko'ng pag-iyak lang ang ginagawa niya, *pero ang mahalaga nagpapatuloy siya*.

'Naiintindihan ko si Deib, hindi dahil kaibigan ko siya.. Naiintindihan ko siya dahil alam ko'ng mas mahina siya kumpara kay Maxpein.. Ako rin ay magmamakaawa sa'yo, sana bumalik ka na..'

Dumating ang sumunod na taon.

Huling linggo ng Enero, pumasa kami pare-pareho sa Entrance Exam namin for College. Pero mas naging masaya kami para kay Deib, dahil bukod sa alam na ng pamilya niya'ng Engineering ang gusto niya ay tanggap na rin ng mga ito 'yon maliban sa Chairman nila.

Unang linggo ng Pebrero ay natapos ang lahat ng levels sa Fourth Quarter Exams. Ang mas mabababa'ng levels ay nagpapetiks petiks na lang at naghihintay ng bakasyon habang gumagawa ng minor projects. Habang kami'ng mga graduating students ay tinatapos pa rin ang baby thesis at nagprepare na para sa graduation.

At ngayon, ikalawang linggo ng Pebrero, nandito kami sa parking lot ng school at hinihintay na lang namin siya ni Lee para sabay sabay na kami'ng pumunta sa gym para sa Graduation Picture.

Pero may isang problema..

Valentines Day ngayon..

Napabuntong-hininga ako sa sarili ko'ng isipin at hindi nawala si Deib sa isip ko.

Panigurado'ng mas malulungkot siya ngayon..

Panigurado'ng dodoble ang lungkot na makikita ko sa kaniya ngayon kumpara nung mga nakaraang party pa.

"Nasaan na ba 'yon?!" inis ng tanong ko pa, napatingin ako sa relos ko at mahigip sampu'ng minuto na kami'ng naghihintay ni Lee.

"Hintayin pa natin, mga five minutes pa." sagot naman ni Lee na lumilingon pa rin sa kanto. **"Oh, eto na pala e?"** aniya pa at napalingon naman ako.

Nakapamewang na hinintay ko'ng makapag-park siya at sa pinanood ko pa siya hanggang sa makalabas siya ng kotse niya at tiningnan ko naman siya mula ulo hanggang paa.

Nagsunglass pa! Baliw talaga! Tsk tsk!

Pero naisip ko ri'ng baka mugto na naman ang mga mata niya kaya ganon ang itsura niya.

Inosente'ng tumingin pa siya sa'kin.

"B-Bakit gan'yan ang tingin mo?" nakanguso'ng tanong niya pa at nginiwian ko naman agad siya.

"Psh! Gragraduate na't lahat.. Tara! Bilis!" inis kunwari'ng yaya ko pa sa kanila at saka kami pumasok sa loob ng school.

Pare-pareho kami'ng mga naka-formal suit kaya naman ayon na naman ang mga babae'ng mabilis na natuon ang atensyon sa'min!

"Waaaaa! Anggugwapo!" pauna'ng sigaw ng isa.

"OMG! I can die now!"

"My God, kung hindi lang talaga bata ang mga 'yan---"

"Ano ka ba, magka-College na sila, no! Meaning, pwede na!"

"Hahahaha!"

Nagkatinginan pa kami ni Lee dahil sa malalakas na usapan nung mga babae'ng dinaanan namin at palihim na lang kami'ng natawa't napailing.

"Dre, mamaya ah??" baling ko pa kay Deib at agad naman siya'ng nagtaka. **"Ano ka ba! V-Valentines Party na'tin mamaya!"** dagdag ko at natigilan siya.

"K-Kayo na lang.." tanggi agad niya at napanguso naman ako.

"Naaaaayy---pucha! Sumama ka na! Nandoon naman kami'ng lahat e, okay? Pwede mo naman isayaw si Naih o si Michiko---kung masama talaga loob mo, pati sila Migz at BJ isayaw mo, hahahahahahaha!"

"Tch.."

"Minsan na nga lang tayo magkasama, tatanggi ka na naman?! 'Wag ganon, dre.. Sumama ka rin naman sa'min.."

"Oo nga naman, Deib?" sabat ni Lee at nilingon naman namin siya. **"Kapag College na tayo ay maiiwan natin sila dito, hindi na natin sila makakabonding."**

"Tama, kaya sumama ka na! Hindi ka pwede'ng mawala! Psh! Baka isipin nung mga 'yun ay iniiwasan mo sila o ayaw mo sila'ng makasama.." dagdag ko pa.

"Bakit ko naman gagawin 'yun?" nakangiti pa'ng tanong niya at saka bumuntong-hininga. **"Ayoko, kayo na lang. Mas gusto ko'ng magstay sa bahay---"**

"Ang KJ mo!" pigil ko agad sa kaniya.

"Babawi ako next time." nakangiti'ng aniya pa at saka umakbay sa'kin.

"Next time?! O next year?! Taunan lang ang Valentines---"

"Alam ko.."

"Kaya nga sumama ka na!"

"Ayoko.."

"B-Badtrip naman 'to." iiling-iling na tugon ko at ngumisi naman s'ya!

"Hindi naman kailanga'ng ngiti'ng ngiti sa picture, 'di ba?" tanong niya pa at natawa naman kami ni Lee sa kaniya dahilan para matawa rin siya! **"Hahahahahahaha!"**

"Bakit?! Ayaw mo ba'ng ngumiti?!" natatawa'ng tanong ko.

"Hindi naman.. Ayoko lang magmukha'ng pilit 'yung ngiti ko don.." sagot niya at napailing na lang kami ni Lee.

Mabilis kami'ng dumeretso sa Gym dahil doon gaganapin ang Graduation Shoot. Marami ng students tulad ng inasaahan namin.

"OMG! Nand'yan na sila Deib!" sigaw pa ni Liel at hindi man lang siya tiningnan ni Deib. Nilingon kami ng halos lahat ng nandoon dahil sa ingay niya. Halos lahat ng mga babae ay nakangiti'ng nakatingin sa'min habang ang mga lalaki naman ay bilib sa mga suot namin.

"Nice suit, pare.." mangha'ng bati ni Chris.

"Thanks.." tugon ko.

"Oh, mamaya ah!? Buong team! Graduation picture rin!"

"Oo ba, hehehe."

"Hoy, Enrile!" tawag niya pa kay Deib na nakatingin na rin sa kaniya. **"Mamaya, may solo ako at meron ka rin. Captain sa'kin at sa'yo, MVP."**

"Sige." tipid na sagot ni Chris. Tinalikuran kami ni Deib at saka lumapit kay Lee, nagkatinginan na lang kami ni Chris at saka sabay na umiling.

"Baka sa graduation e gumuho na ang mundo n'yan?" natatawa'ng bulong pa sa'kin ni Chris.

"Loko.."

"Hindi na ba talaga babalik si Maxpein??"

"Wala'ng may alam, pare.."

"Tsk tsk.. Nakakaawa na si Deib.. Valentines pa naman ngayon.." aniya at nilingon ko naman si Deib, hindi na siya tulala pero blangko ang emosyo'ng nakatitig lang siya sa mga kaklase naming inaayusan ng mga photographer. **"Oh siya, mauna na muna ako! Yanai ka pa hehehehe, malayo ka pa!"** sabi niya at saka tinapik ako. **"Sir! Eto na si Enrile oh!"** turo niya pa sa Class Adviser namin na agad nilingon si Deib.

"Mister Enrile and Mister Gozon, pumila na kayo." utos ni Sir at nilingon naman nila ako.

"Bakit?" pigil ang tawa'ng tanong ko.

"Hindi ka ba sasabay sa'min?" tanong ni Lee.

"Alphabetical daw 'yan.." nakanguso'ng tugon ko.

"Sir?" bigla'ng baling ni Deib dito at taka naman ako'ng tumingin sa kanila. **"Gusto ko'ng kasabay si Yanai, hindi ako magpapapicture kung hindi ko siya kasabay---"**

"Hindi naman 'to group picture, Mister Enrile? Invidually, magpapicture kayo---"

"Hindi ko naman sinabi'ng magsasama kami sa isa'ng picture, isasabay ko lang siya sa pila." pigil ni Deib sa kaniya.

"S-Sige, sige.. Go ahead, Yanai.." napapahiya'ng tugon ni Sir at tinanguan ko naman siya.

"Loko, tinakot mo.." biro ko pa kay Deib at saka kami sabay sabay na pumila kahit pa malayo ang apelido ko sa mga kasabay ko.

DEIB'S POV

"Oh! Kayo'ng big three naman!" suhestiyon ni Liel at nagkatinginan naman kami'ng tatlo nila Lee at Tob.

"Pwede ba naman 'yun?" taka'ng tanong pa ni Lee.

"Oo naman, 'di ba po, Sir??" baling ni Liel sa Adviser namin na iiling-iling na nilingon kami'ng tatlo.

"Gusto ko 'yan!" sabat ni Tob. **"Gusto ko may picture kami'ng tatlo'ng magbebestfriend, hahahahahahahaha! Pinakagwapo sa buo'ng BIS!"**

"Oo nga, at saka matutuwa si Dean kapag nakita 'yan!" dagdag ni Liel at wala'ng nagawa si Sir. Pinatabi niya ang mga students na kasalukuya'ng nagpapapicture sa simple studio at sinenyasan kami'ng lumapit doon na agad nama'ng ginawa namin.

"Group picture daw para sa tatlo'ng 'to." baling ni Sir sa photographer.

Humilera kami'ng tatlo doon at saka nagsingiti.

~FLASH!~

"Perfect!"

~FLASH!~

"Tingin dito!" sabi pa ng photographer. **"Okay, perfect! One more!"**

~FLASH!~

"Waaaaaa! Sali ako!"

Gulat kami'ng napatingin sa pinanggalingan ng boses na 'yon at nakita namin si Kim. Nagmadali siya'ng lumapit at pumagitna sa'min.

"Group picture, please!" sabi niya pa sa photographer na agad nama'ng kinuhanan kami.

~FLASH!~

"Perfect!"

~FLASH!~

At maya maya pa.

"Deib, solo tayo? Okay lang?" nakangiti'ng tanong pa ni Kim at napabuntong-hininga naman ako.

"S-Sige.." napipilita'ng sagot ko.

"Last na po, promise!" nakangiti'ng aniya pa sa photographer at saka nito kinuhanan uli kami.

~FLASH!~

"Nice shot!"

~FLASH!~

"Deib! Smile naturally, please!" natatawa pa'ng pakiusap ni Kim at sumunod naman ako.

~FLASH!~

"Okay, that's it!" ani ng photographer at saka ko iniwan si Kim sa simple studio.

"Hey, wait for me!" habol niya pa sa'kin at hindi ko na siya nilingon pa.

Nag-class picture rin kami at team picture sa basket.

Kaya naman hapon na nung makapaglunch kami dahil sa dami ng Seniors. Dumeretso kami sa Canteen, sumama pa rin sa'min si Kim hanggang doon.

"Wooow! As in---WOW! Anggugwapo ninyo!" sigaw pa ni Naih na nakay Lee ang paningin.

"Tsh, hindi ka pa nasanay?" mayabang na tanong ni Lee sa kaniya. **"Wala kayo'ng klase?"**

"Tapos na, break time. Ang tagal niyo naman? Alas tres na oh?"

"Andami ng Seniors e, nauna pa kami'ng matapos n'yan. Ano'ng gusto mo'ng kainin?"

"Mmm, alam mo naman ang paborito ko, 'di ba?" nanunukso ang tingi'ng tanong pa ni Naih at ginulo naman ni Lee ang buhok niya bilang tugon.

Napayuko na lang ako sa kamay ko at hindi na tiningnan ang mga kasama ko.

"Do you miss her?"

Bigla ako'ng napalingon sa tagiliran ko at nagtama ang paningin namin ni Kim. Napailing pa ako at saka nagkibit-balikat na lang.

.so much, I miss her so much.

"You miss her.." nakangiti pa'ng dagdag niya.

"Hindi naman siya nawala sa isip ko e." pilit ang ngiti'ng tugon ko. **"Kasama ko man siya o hindi.. I still miss her."**

"Yeah.. She's probably feeling the same.." tatangu-tango'ng tugon niya at saka ngumiti. **"Siguraduhin n'yang may maganda s'yang dahilan kung bakit niya ginawa sa'yo 'to, dahil kung hindi.. *'lagot'* siya sa'kin!"** aniya pa at gulat naman ako'ng nilingon siya. Natawa siya sa naging itsura ko kaya naman nangiti rin ako. **"Alam ko'ng mahirap ang maghintay.. all your life, you've been waiting for the one you love.. But this time, I'm sure na magiging worth it ang paghihintay mo, kaya Deib, please be patient? Huh?"**

"Mmm.." tipid na sagot ko at saka ngumiti. **"'Yun lang naman talaga ang pwede ko'ng gawin sa ngayon.."**

"Ugh, Deib, come on.. Don't say that with bitterness, she'll be back, okay??"

"I know.."

"Then smile.."

"I am smiling.."

"Yeah right, with bitterness! Ano ba naman 'yung ngumiti ka tulad ng pagngiti mo dati? Psh! Sayang naman ang ka-gwapuhan mo n'yan! Hindi matutuwa si Maxpein kapag nakita ka n'yang gan'yang kalungkot.."

"Tch. Cut it out Kim, its just that, no matter what I hear, it doesn't really change how I feel.." tugon ko at natahimik naman siya.

Wala nang nagsalita pa kaya naman doon ko lang napansi'ng lahat sila ay nakatingin sakin, Lee, Parrot, BJ, Migz, Michiko, Tob at Kim.

"What??" tanong ko pa sa kanila at saka sila sabay sabay na bumuntong-hininga.

Damn, I hate this..

Iniiwas ko ang paningin ko sa kanila at saka ako tumayo.

"W-Where are you going?" pigil agad sa'kin ni Tob, ngumiti naman agad ako sa kaniya.

"Ako naman ang manlilibre.." nakangiti'ng sagot ko at saka naglakad papunta'ng line.

Pagkabalik ko sa table namin ay agad rin kaming nagsimula'ng kumain. Nag-uusap-usap 'yung mga babae tungkol sa gowns nila at tahimik naman ako'ng kumakain.

"Nako, alam mo naman kasi ang Mommy ko! Ayaw non ng hindi bongga ang suot ko.." dinig ko pa'ng ani Michiko.

"Pero panigurado'ng kabog na naman lahat ng gurls dito kay Ate Kim!" sabat ni Migz at nilingon naman ng lahat si Kim maliban sa'kin.

"Psh, kayo talaga! Hindi, no! Hahahaha! Pinagbibigyan lang nila ako kasi alam nila'ng iiyak ako kapag hindi ako nasasabiha'ng pinakamaganda sa mga party, hahahaha!" biro pa ni Kim at nagtawanan sila. **"Kaso.. mukha'ng hindi ako mananalo mamaya sa pagandahan, *'wala'* ako'ng partner e!"** aniya pa at napalingon ako sa kaniya. Nakatingin siya sa'kin.

Mabilis ko'ng iniiwas ang paningin ko kaya naman nakita ko'ng sa'kin na naman nakatingin ang lahat. Napabuntong-hininga naman agad ako.

"Wala ako'ng balak pumunta." sambit ko at animo'ng nanlumo naman sila.

"D-Deib, um-attend ka na, please??" animo'ng nakikiusap na tanong ni BJ, ngumiti naman ako.

"Pag-iisipan ko.." tugon ko at nagliwanag naman ang paningin nila'ng lahat.

Alas otso ang simula ng Party kaya naman nagsipag-uwian pa muna ang lahat. Nasa kwarto ako at pumipili ng suit na gagamitin ko nung biglang pumasok si Noona habang nakahawak pa sa tiyan niya. Nangiti naman ako sa itsura niya.

"Kailan ang labas ni Baby?" nakangiti'ng tanong ko sa kaniya at saka nagtuloy sa pagtitingin ng mga naka-hanger na suit ko.

"Next month.." masaya'ng tugon niya. **"Ang bilis, no??"** tanong niya pa at hindi na ako lumingon pa sa kaniya. **"Parang kailan lang.. hindi ko pa alam kung pa'no ko sasabihi'ng buntis ako.. ngayon, palabas na siya.. Ang saya lang.. Ang saya saya.."**

"Mmm.. Can't wait to see him.."

"Me too, masaya kami ni Randall dahil magkaka-baby na kami. At the same time, dahil pa pareho kami'ng gusto ng baby boy. Gusto ko ng baby na kamukha ni Randall, hehehehe!"

Natigilan ako sa sinabi niya at saka palihim na bumuntong-hininga at nagtuloy sa pagpili ng isusuot ko.

"M-Mmm, a-are you going to the party?" bigla'ng tanong niya at pilit ang ngiti'ng nilingon ko naman siya.

"Mmm." tipid na sagot ko.

"D-Do you have a partner?" ilang na tanong niya at napabuntong-hininga naman ako.

"Si Kim siguro.."

"Si Kim? Mmm.. I see.."

"Pero sana si Maxpein ang kasama ko.." pigil ang emosyon na dagdag ko at saka ako napayuko ng paningin.

Enough of the pain, please.. Please..

"Do you need help?" pag-iiba niya ng usapan at nilingon ko naman siya. Tumabi siya sa'kin at isa-isa'ng tiningnan ang mga naka-hanger na suits. **"Seriously, you're going to wear a suit??"** natatawa'ng tanong niya at kumunot naman ang noo ko at saka nilingon ang mga suits ko.

"Should a wear a Tee?" natatawa'ng tanong ko.

"Oo---yung pula! Psh! Stupid.." singhal niya pa at natawa naman ako. **"Mag-itim ka.."**

"Huh? Bakit itim?" takang tanong ko.

"Para halata'ng brokenhearted ka.." pang-aasar niya at sumeryoso naman ako. **"Just kidding! Peace!"**

"Tch.."

"Ano ka ba! Ngumiti ka nga! Para ka'ng sira.. Mamaya n'yan isipin ko, kaya nawawala si Maxpein ay sumapi pala sa'yo.."

"Ang korni mo.."

"'Yan! 'Yan ang kapatid ko! Psh! Tabi, ako ang pipili ng damit mo!" aniya pa at saka nagsimula'ng buklatin ang mga polo.

"M-Maliligo na 'ko." sabi ko na lang at saka dumeretso sa washroom.

Napabuntong-hininga pa ako habang naliligo.

Hindi mawala sa isip ko ang sinabi ni Noona.

Pareho tayo..gusto ko rin ng baby na kamukha lahat ni Taguro..

Mabilis na tumakbo ang oras at ilang minuto na rin ako'ng late sa party.

~RIIIINGG!~

"Hello?" sagot ko sa cellphone ko.

"Where are you? Kanina ka pa namin hinihintay dito." si Lee.

"Nandito na 'ko sa parking lot, papunta na d'yan."

"Bilisan mo, dito kami sa dati'ng pwesto natin nung Acquaintance Party---sumasayaw na ang Dance Troupe, bilisan mo para mapanood mo pa.."

Hindi ko na siya sinagot at saka ko kusa'ng ibanaba ang linya at nagtuloy sa paglalakad papunta sa quadrangle. Malakas ang sounds at dinig ko na rin ang malalakas na tawanan ng mga students.

Sinasadya ba talaga ng tadhana'ng maalala kita.. o talaga'ng naaalala lang kita kaya pakiramdam ko ay konektado sa'yo ang lahat??

Natigilan ako sa paglalakad at pilit na pinigilan ang emosyo'ng nangingibabaw sa dibdib ko. Animo'ng isang palabas na mabilis nagflashback sa isip ko ang lahat ng nangyari noong Acquaintance Party.

Naituon ko ang paningin ko sa pathway at parang lahat ng 'yon ay nagdilim sa paningin ko. Pumihit ako sa likuran ko at saka naglakad papalabas ng Parking Lot. Bumalik ako sa kotse ko at saka ipinatay ang cellphone ko.

Hindi ko na kaya 'to.. kailangan na kita'ng makita, Taguro.. Papatayin ako ng mga alaala mo..

Kusa'ng tumulo ang mga luha ko habang nagmamaneho sa kung saan. Pero hindi na ako nagulat nung marating ko ang bahay ni Randall.

Wala sa sarili'ng bumaba ako at nagdoorbell sa harap ng pinto na agad rin namang bumukas. Bumalatay ang gulat sa mukha ni Randall nung makita niya ako.

"D-Deib??" utal pang tawag niya sa'kin. **"C-Come in.."** aniya pa na nilawakan ang pagkakabukas ng pinto at naglakad naman ako papasok doon at deretso'ng tumingin sa kaniya. **"I-Its late already, what are you doing here?"** taka'ng tanong niya at hindi naman ako agad sumagot. Pilit ko'ng pinipigilan ang damdamin ko. Nasasaktan ako at gusto ko ng huminto ang nararamdaman ko.

"G-Gusto ko'ng malaman kung nasaan si T-Taguro.." mahina'ng usal ko at natigilan naman siya at napatitig sa'kin. **"A-Ayokong gawin 'to pero.. ikaw lang ang m-malalapitan ko.. N-Nagmamakaawa ako, s-sabihin mo sa'kin kung nasaan si Taguro??"**

"D-Deib, h-hindi ko alam.."

"K-Kahit 'yung mga lugar lang na p-pwede niya'ng puntahan.." nagmamakaawa talaga'ng tanong ko.

"H-Hindi ko talaga alam.. wala ako'ng alam.. D-Deib, why are you doing this!?" bakas ang inis sa tono niya at napailing ako at saka 'di napigilan ang luha'ng kusa'ng tumulo sa pisngi ko. **"A-Ano ka ba?! Para ka'ng babae!"** sigaw niya pero hindi ako natinag. **"I-Ilang buwan na ang nakakalipas---gan'yan ka pa rin! Maawa ka naman sa sarili mo!"**

"H-Hindi mo kasi naiintindihan!"

"Sige.. Sabihin mo sa'kin kung pa'no kita maiintindihan!? Ha?? Ha!" animo'ng tumawa pa siya at saka nakapamewang na inalis ang paningin sa'kin at napahilamos ang isang kamay sa mukha niya. **"D-Deib.. Babalik si Maxpein---at wala ka'ng magagawa kung hindi ang hintayin siya dahil wala'ng nakakaalam kung nasaan siya!"**

"Sa K-Korea?? W-Wala ba siya sa Korea?"

"Hindi ko nga alam!"

"R-Randall, p-please naman bro kahit n-ngayon lang.."

"Deib, kahit saksakin mo 'ko ngayon---wala nga ako'ng alam! Dahil kung mayron lang ako'ng alam, hindi mo na kailanga'ng magmakaawa ng gan'yan! Para ka ng baliw! Tingnan mo ang sarili mo! Sa tingin mo matutuwa si Maxpein sa ganiya'ng itsura mo?! Ha?!" tanong niya at natigilan naman agad ako. **"Deib, alam ng lahat na nasasaktan ka dahil naiwan ka pero 'wag mo namang pagmukhai'ng kawawa ang sarili mo!? May sarili kang mundo at hindi si Maxpein ang nagpapaikot non! May sarili rin siya'ng mundo at hindi lang ikaw ang kasama niya doon! May kaniya kaniya kayo'ng buhay! Kailan mo ba maiintindihan 'yon?!"**

"M-Mahal ko siya.."

"Oo, alam ng lahat na mahal niyo ang isa't-isa.. O tapos? Mahal mo siya---tapos??" tanong niya at hindi naman ako nakasagot. **"D-Deib.. maawa ka naman sa sarili mo.. Wala ka ng iba'ng inisip kung hindi si Maxpein, lahat na lang ng oras ang bukambibig mo, si Maxpein. Pa'no ka naman? Ang mga kaibigan mo? Ang pamilya mo? Ha? Pati pag-aaral mo naapektuhan na---hindi ka na namin nakikita'ng masaya, ano ka ba?"**

"D-Dahil hindi niyo ko naiintindihan.."

"Wala talaga'ng makakaintindi sa'yo.." malumanay na tugon niya at napatitig naman ako sa kaniya. **"Dahil pinahihirapan mo ang sarili mo kahit alam mo'ng babalik 'yung tao.."**

"P-Pasensya na.." pormal pigil ko sa kaniya. **"Pasensya na sa abala, salamat.."** dagdag ko at saka tinalikuran siya.

"Deib!" dinig ko'ng tawag niya pa pero hindi ko na siya nilingon pa.

Mabilis ako'ng nagmaneho at wala sa sarili'ng nakarating sa The Barb.

"Oh, look who's here?" salubong agad sa'kin ni Barb, sinuklian ko naman siya ng pilit na ngiti. **"A table for..?"** aniya pa ni sinilip ang likuran ko kung may kasunod ako.

"Mag-isa lang ako."

"O-Ow.." tatangu-tango'ng reaksyon niya, ginabayan niya ako papunta sa isang mataas na table malapit sa stage. Umalis siya at maya maya lang ay may dala na siya pabalik sa'kin. **"Here, cream soda with tequila and Campari.. Para naman bumagay d'yan sa attire mo."** biro niya pa at nangiti lang ako. **"Why are you alone?"**

"Mmm? I'm not.."

"H-Huh??"

"You're here, I'm not alone." biro ko kunwari at napangiwi naman siya.

"Tsk tsk tsk.." iling niya at saka bumuntong-hininga. **"Sana mamaya, kapag tapos ka na.. Maliwanagan ka at pagbalik mo, marami ka na uli'ng kasama.."** dagdag niya pa at saka tinapik ang likod ko't naglakad papalayo.

Nagtuloy ako sa pag-inom ko habang nakatingin sa kung sinu-sino'ng sumasayaw sa dance floor. Wala ni isa sa mgagandang tugtog ang nakapagpabago sa nararamdaman

"Baka malasing ka n'yan??" may nagsalita sa likuran ko at nilingon ko naman 'to. Si Jep. Naupo siya sa harap ko'ng pinagmasdan ako.

"Mmm, okay lang.. Kaya nga ako pumunta dito e.." nakangiti'ng sagot ko at napabuntong-hininga naman siya.

"Paano ka makakauwi ng safe n'yan?"

"Bahala na.."

"Ayy, 'wag naman gan'yan.. Hindi na kita bibigyan ng panibago'ng pitcher n'yan.." nakangiwi'ng tugon niya at tumawa na lang ako at saka sumulyap sa stage. **"Sa pagkakakilala ko kay Max, h-hindi siya mahilig magsabi.. lahat sinasarili niya.. Pero ang maganda sa kaniya, sa huli siya nagsasabi pero.. maririnig mo lahat.."**

"Tch.." natatawa kunwari'ng singhal ko.

Ganiyan rin naman ang pagkakakilala ko sa kaniya.

"Kung wala ka'ng tiwala sa kaniya'ng babalik siya, at least magtiwala ka man lang sa sarili mo'ng babalikan ka niya.." dagdag niya, natigilan ako't napatitig sa kaniya. Hindi ko maintindihan ang naramdaman ko, pero alam ko'ng naintindihan ko ang sinabi niya.

Napabuntong-hininga ako at saka tumingin sa stage.

"Pwede ba ako'ng kumanta?" tanong ko at saka nilingon s'ya. Gulat s'yang nakatingin sa'kin. **"I'm serious.."** natatawa'ng dagdag ko. **"I j-just wanna sing.."**

"A-Ahh---of course.." parang napipilitan pa'ng tugon niya at saka tumayo mula sa pagkakaupo sa harap ko't tumingin pa sa'kin. **"S-Sigurado ka??"**

"Hahahaha! Oo naman, b-bawal ba?"

"No, of course not! H-Hehehehe.. S-Sige, a-ano'ng song ang gusto mo?"

"Ako na lang ang pipili.." sabi ko pa at saka tumayo at umakyat sa mini stage nila. Nagtingin ako ng kanta at 'di pa man ako nakakarami ng tingin ay may nakita na agad ako'ng gusto ko. Napangiti pa ako pagkapindot ko non sa remote at maya maya lang ay tumugtog na 'to.

PLEASE CHECK OUT THE MULTIMEDIA

♫ ♪ "I need to talk with you again, why did you go away? All our time together still feels like yesterday.. I never though I'd see a single day without you.. The things we take for granted, we can sometimes lose.. And if I promise not to feel this pain.. Will I see you again? Will I see you again?" ♪ ♫

♫ ♪ "Do you remember how it was? When we never seemed to care.. The days went by so quickly, 'coz I thought you'd always be there.. And

it's hard to let you go, though I know that I must try.. I feel like I've been cheated.. 'Coz we never said goodbye.. And if I promise not to feel this pain.. Will I see you again? Will I see you again?" ♪ ♫

♫ ♪ "'Coz time will pass me by, maybe I'll never learn to smile.. But I know I'll make it through, if you wait for me.. And all the tears I cry.. no matter how I try.. They'll never bring you home to me.. Won't you wait for me? In Heaven.." ♪ ♫

"Hoy!! Ano ba 'yan?!"

Natigilan ako sa pagkanta nung may lasing na lalaki'ng sumigaw! Napapalunok na napatingin ako sa kaniya.

"T*ngina naman, oh! Nandito ka para magsaya---bigla'ng may nagdrama!" dagdag sigaw niya pa at dinig na dinig ko naman ang mahina'ng bungisngisan ng mga nakarinig. Napapahiya'ng nailapag ko ang mic sa upuan at wala sa sarili'ng bumaba ng stage at saka naglakad pabalik sa table ko'ng kasalungat lang ng table nung lalaki. **"T*ngina---paano ka'ng hindi iiwan?! Masiyado ka'ng madrama! Sa bar ka pupunta pero kung makaporma ka daig mo pa mamamanhikan!"** sigaw na naman niya pero nilampasan ko na lang siya.

"HUK!"

Nasinghap ako sa paglalakad nung bigla'ng may humila sa'kin! Napalingon ako at nakita ko sa harap ko ang lalaki'ng lasing na sumisigaw sa'kin!

"Hahahahahaha! T*ngina'ng---iyang gwapo mo'ng 'yan, para ka'ng bakla'ng umaatungal d'yan!" sigaw niya at nagkabit naman ang mga kilay ko. Naikuyumos ko ang dalawang kamao ko habang nakatitig sa kaniya at pilit nilalabanan ang amoy ng alak mula sa bunganga niya. **"Tol, 'wag ka kasi'ng masiyado'ng madrama dahil ang mga babae---ayaw rin sa mga tulad mo'ng lalaki! Nasa bar ka at marami kami'ng nagsasaya, bigla ka'ng kakanta ng drama---sinisira mo ang maganda'ng mood namin---"**

"Sorry.." pigil ko sa kaniya at lalasing lasing siya'ng inaninag pa rin ang mukha ko. Inalis ko ang dalawang kamay niya'ng nakahawak sa magkabilang balikat ko. **"Uminom ka na lang.. Mukha'ng kulang pa ang nainom mo.."** sarkastiko'ng dagdag ko at saka tinalikuran siya.

"Hahahaha! Titigas tigas ka dito pero iniwan ka naman ng syota mo---pakyu! haha!"

Hindi na lang ako nagsalita at saka nagtuloy sa table ko at tinungga ang natira'ng inumin sa baso ko. Matapos non ay nag-iwan ako ng pera sa bar at saka lumabas ng TB.

"*Heaven??*--hahahahaha! Bakit?! Namatay ba ang syota mo!? T*ngina dapat ka nga'ng magdrama!" aniya na talaga'ng tumayo pa sa harap ko at gulat naman ako'ng tiningnan siya. **"Sige sig---**shik** kumanta ka pa, 'tol! Pakikanta mo sa'kin 'yong.. My Way! Hahaha!"**

"Umalis ka na d'yan." maraha'ng pakiusap ko.

"Oh, ayaw mo ng kumanta---shik!** ha??"**

"Umalis ka na---"

"Ikaw ang lalaki pero, hahahahahaha---tignan mo nga ang sarili mo?? Parang mas emosyonal ka pa kesa sa mga babae, ah?! Nako 'tol! Ayaw ng mga babae n'yan!"

"Manahimik ka.."

"Sige, umiyak ka lang.. Hahahahahaha! Kasi hindi ka na niya babalikan dahil masiyado ka'ng madrama----"

~PAAK!~

SINAPAK KO SIYA.

Gulat siya'ng napatingin sa'kin, nanlaki ang mga mapungay niya'ng mga mata at saka galit na bumangon at hinawakan ang kwelyo ko.

"Gago ka ah?!" aniya pa.

"Ang baho ng hininga mo." wala'ng emosyo'ng sagot ko.

"E gago ka nga!!" sigaw niya at saka..

~PAAAAAAK!~

Sunod sunod na magkahalong tadyak at suntok ang natanggap ko sa iba't-iba'ng parte ng katawan ko! Nanghihina ako'ng nagpagulong gulong sa sahig habang nakahawak sa tiyan ko. Pero hindi magawa'ng indain ang sakit mula sa mga suntok at tadyak na 'yon dahil mas nagugustohan ko 'to ngayon.

Sa ganito'ng panahon.. A-Alam ko'ng darating ka.. P-Parang awa mo na, dumating ka.. K-Kung makakaligtas man ako dito.. g-gusto ko'ng ikaw ang maging dahilan non.

~PAAK!~

~PAAK!~

~PAAK!~

"Tarantado ka!" sigaw niya at ramdam ko ang panghihina ko habang umuubo na ng dugo. **"Hahhaha! D'yan ka maghintay---kung maabutan**

ka n'yang buhay! Hahaaha!"

~BAAAG!~

Sinipa niya ang mukha ko at napaikot naman ako sa sobra'ng sakit non!

"HOY!"

Dinig na dinig ko ang sigaw na 'yon pero hindi ko na magawa'ng imulat ang mga mata ko.

OceanofPDF.com

CHAPTER 163

NAIH'S POV

"Hahahahaha! Grabe ka naman makasayaw!" biro ko kay Migz na hingal kabayo'ng naupo sa tabi ko.

"Ano ka ba! Minsan lang 'yan! Nakita mo ng t'wing may ganito'ng Party ay parati na lang emcee ang eksena ko! Ngayon lang ako nakapag-enjoy ng ganito, no! Intrimitida ka!" sagot niya.

Bumaling naman ako kila Lee at Tob na kasalukuyang abala sa pag-uusap habang nagcecellphone.

"Huy! Nambababae ba kayo?!" nakangisi'ng tanong ko at taka naman sila'ng nilingon ako, si Lee ay salubong pa ang kilay.

"What?!" si Lee.

"Kung nambababae ba kako kayo?!" pag-uulit ko ng taas na ang kilay.

"Of course not! Tsh! Shut up, I'm busy.."

Wow ah! Maka-busy naman 'to!

"At saan ka naman busy, Gozon?!" sarkastiko'ng tanong ko. **"Siguraduhin mo'ng mas maganda sa'kin 'yan ah?!"** pang-aalaska ko pa.

"It's not that, okay? I trying to call Deib, sabi niya papasok na siya?" nag-aalala'ng tugon niya at napaisip naman ako.

"Si Deib?" tanong ko pa at saka ako lumingon sa gawi'ng 'yon papunta'ng parking lot. **"Baka naglalakad na papunta dito?"**

"'Yun na nga e, hindi naman aabutin ng 10 minutes papasok dito.." nagdadial pa'ng sagot niya. **"Subukan mo ulit tawagan.."** baling niya pa kay Tob at nagtaka naman ako lalo.

"Baka nag-iisip pa papunta dito? Alam mo ng brokenhearted ang lolo niyo, ano! Valentines pa naman ngayon, syempre---ang Maxpein ang iniisip niyan!" bigla'ng sabat ni Migz at natatawa'ng nilingon ko naman siya. **"Diyosmiyo naman kasi si bakla'ng Maxpein, kung maka-inarte akala mo katorse lang ang bewang! Wala walaan ang eksena?! My God! Jogsak tuloy siya sa Chupan!"**

"Ano ka ba, ang dami rin kasi'ng pinagdaanan ni Maxpein. H-Hindi niya na siguro kinaya.. Naguiguilty nga ako e, f-feeling ko napaka-useless ko." napapabuntong-hininga'ng sagot ko. **"Biruin mo, ako 'yung parati'ng kasama niya pero hindi ko alam kung ano'ng tunay na nararamdaman niya.."**

"E kasi nga, teh.. Marami'ng kundisyon sa buhay si bakla! Hindi pwede'ng lahat ay alam mo! Kaya ayun, sinarili ni bakla.. Ending? Naloka! Bakasyon ng maaga.." nagbibiro ngunit malungkot ri'ng sagot niya at napaisip naman ako.

"Namimiss ko na rin siya.."

"Sino ba'ng hindi?"

"Sana ay okay lang siya.."

"Bakla ka! Lumayas nga, 'di ba?! Malamang, hindi okay!"

"E bakit naninigaw ka?!" inis kunwari'ng tugon ko sa kaniya.

"Malakas rin ang sounds, teh! Makareact ka naman!"

"Tse!"

"Hahahahahaha!" tawa niya at saka tumingin sa dance floor. **"Hindi mo ba alam kung saan makokontak ang bakla?"**

"Psh! Kung alam ko lang ay matagal na sana'ng nandito 'yun! Naaawa na ko kay Deib.."

"Nakakaloka naman kasi si Deib, sabagay.. hindi mo siya masisisi kasi nga naman ay matapos nung malateleserye'ng bakbakan na kinuwento mo e naospital pa ang mga bakla.. tapos ngayon ay hindi malaman kung nasaan ang Maxpein.. Ang hirap lang sa part niya na hindi niya alam kung maghihintay siya o may hihintayin pa ba siya? May babalik pa nga kaya??"

"Kilala ko si Max, kapag sinabi niya'ng babalik siya ay babalik siya.."

"Haaay, sana bumalik na siya agad.. Ang hirap titigan ni Deib ngayon, parang may kulay itim na aura'ng bumabalot sa kaniya.. Kaloka.." malungkot pa'ng aniya at napabuntong-hininga naman ako. **"Kadiri ang Michiko, teh! Mukha'ng nag-eenjoy pa'ng kasayaw ang palaka'ng BJ. My God!"**

"Hahahahaha! Tulad nga ng sabi mo, minsan lang 'yan!"

"Puntahan na kaya natin!?"

Taka ako'ng nilingon si Tob dahil sa huling linya niya'ng 'yun.

"Bakit?" baling ko sa kanila.

"Naka-off na ang cellphone ni Deib, kanina nagriring pa e." sagot ni Lee, bakas talaga ang pag-aalala sa tono ng pananalita at mukha niya. Nag-alala rin tuloy ako bigla.

"Saan naman kaya pumunta 'yon??" nag-aalala na ri'ng tanong ni Migz. **"Try kaya natin puntahan sa parking lot??"**

"Tara??" yaya ni Lee at nagsipagtayuan naman kami. **"Dito na lang kayo.."** baling niya sa'kin at taka naman ako'ng napatingin sa kaniya.

"E-Eh---"

"Dito na lang kayo, babalik kami.." pigil pa ni Lee sa'kin kaya naman napaupo na ulit ako.

At saka sila naglakad papalayo at sinundan naman namin sila ng tingin. Kasunod non ay ang pagbalik nila Michiko at BJ sa table namin.

"Saan ang punta nung mga 'yun?" tanong ni Michiko.

"Hanap hanapan sa Deib Lohr.." sagot ni Migz.

"Bakit? Nawawala?" gulat na tanong ni BJ at inarapan naman agad siya ni Migz.

"Bakla---pakipalitan ang tanong mo bago ako ma-imbyerna sa'yo!" pang-aasar ni Migz sa kaniya.

"Gaga! Seryoso ako! Hahahahahahaha! Baka mamaya ay nahila na sa dilim ang Deib Lohr! Magwawala ang Maxpein!" biro ni BJ.

"Huuuy.. 'wag na nga kayo'ng ganiyan, nag-aalala na ako.." suway sa kanila ni Michiko.

"Ayy, bakeeeyts?? Ikaw ang nawawala teh??" biro naman sa kaniya ni Migz at nagtawanan kami. **"Hahahahahahahaha!"**

"Nand'yan lang 'yun.." sabat ko pa at saka sumubo ng salad na kinakain ko.

~RIIIING!~

Nagring ang cellphone ko at ramdam ko ang pagba-vibrate nito sa pouch ko'ng nakapatong sa harap ko kaya naman agad ko'ng kinuha 'yon at tiningnan kung sino.

~Barb Calling. . .~

'Bakit naman kaya tumatawag 'to?'

Nagtataka ako pero mabilis ko ri'ng sinagot ang tawag nito.

"Hello??" sagot ko.

"Where are you?"

"Ha?"

"Nandito si Deib sa TB.."

"A-Ano?!" gulat pa'ng tanong ko at napatingin naman sa'king yung tatlo. **"A-Ano'ng ginagawa niya d'yan?!"**

"E ano pa?! Edi umiinom... mag-isa!"

"H-Ha?!"

"Gulat na gulat!?" sarkastiko'ng tanong niya pa. **"Pumunta kayo dito.. Samahan niyo.. Kawawa naman.. Ang gwapo niya pa naman.."**

"Tsk! Kaya pala hinahanap siya nina Lee at Tob ay hindi siya macontact!"

"Oo nga, kaya nga puntahan niyo na dito---"

"Nasa party ako e?!"

"So!? Hindi pwede'ng umeskapo?! Mas importante ba 'yan kesa dito sa kaibigan niyo!?"

Napabuntong-hininga ako at saka tumango-tango.

"O-Oh, sige sige! Papunta na kami! Sabihin mo d'yan lang siya.."

"Oo, nasa stage ang Lolo mo, kumakanta at mukha'ng may tama na!"

"Ano?!"

"Oo, kaya pumunta na kayo dito. Don't worry, nakabantay naman kami sa kaniya."

"Sige, salamat salamat! Nako, 'wag na 'wag niyo'ng pababayaan 'yan! Yari talaga tayo kay Max!"

"Letse siya---sabihin mo sa kaniya bumalik na siya'ng bwisit siya dahil ang hirap hirap tingnan ng isa'ng 'to masaktan! My God! Feeling ko pati ako ay brokenhearted!"

"Tsk.. Sige, papunta na kami.. Bantayan niyo ah!?"

"Oo na!"

"Sige, bye!" at ibinaba ko ang linya.

"Ano daw, teh?" si Migz.

"S-Si Deib, nasa TB daw sabi ni Barb.." iiling-iling na sagot ko at gulat naman sila'ng napatingin sa'kin. Idinial ko ang number ni Lee na agad nama'ng sinagot nito. **"Hello, Lee?!"**

"Oh?"

"T-Tumawag sa'kin si Barb ngayon lang, n-nasa TB daw si Deib---"

"What?!"

"Pumunta daw tayo don dahil lasing na daw si Deib.."

"Tsk! Sige, pupuntahan na namin!"

"S-Sasama ako.."

"Hindi na, d'yan ka na lang. Hintayin mo kami d'yan.."

"S-Sige, mag-iingat kayo ah?"

"Yes, I love you."

"I love---"

TOOT!*TOOT!*TOOT!

Nice, Lee.. Nice..

"Ano daw?!" si Michiko.

"E-Eh, sila na lang daw ang pupunta e.." iiling-iling na sagot ko.

"Napano daw si Deib?"

"Wala.. nasa TB daw sabi ni Barb, kumakanta daw at m-mukha'ng lasing na.. Hindi naman nila pababayan 'yon 'don.. Sana maging okay siya don.." nag-aalala'ng tugon ko.

Hindi ko maiwasan ang mag-alala. Nakaramdam rin ako bigla ng awa sa kaniya.

Ang sabi ni Lee.. p-papunta na dito kanina? E bakit bigla'ng napunta sa TB 'yun?

Napaisip ako at saka tiningnan 'yung tatlo'ng bakas rin ang pag-aalala sa mukha.

H-Hindi ko rin naman siya masisisi.. lahat kami ay may partner.. Maliban sa kaniya.. Haaaays.. Max.. bumalik ka na naman oh, lahat kami nahihirapan dahil si Deib.. ang hirap tingnan..

"Hey.." biglang sulpot ni Kim at napatingala naman ako sa kaniya. **"Where are they??"**

"A-Ahh.." naisagot ko na lang at nagkatinginan pa kami ni Migz.

Sasabihin ko ba sa kaniya?!

"Where are the boys??" dagdag pa ni Kim at napabuntong-hininga na lang ako.

"N-Nasa TB kasi si Deib, s-sinundan siya don nila Lee at Tob.." sagot ko.

"What is he doing there?"

"H-Hindi ko alam.. Umiinom daw sabi nung kaibigan ko e---"

"Ano?!"

"Tsk.. H-Hindi ko alam, ang sabi kasi ni Lee kanina ay papunta na dito.. Ewan ko kung paano'ng napunta siya sa TB.."

Naghalu-halo ang emosyon nami'ng apat na naiwan doon. Lahat kami ay napapaisip at nag-aalala sa lagay ni Deib. Pero lahat rin kami ay wala'ng magawa para sa kaniya.

Ikaw lang Max ang makakaayos nito.. Huling pakiusap, bumalik ka na..

LEE'S POV

Mabilis nami'ng narating ni Tob ang TB at sa 'di inaasahan ay hindi maganda ang inabutan namin! Nagkakagulo sa labas ng Bar!

Nagkatinginan pa kami ni Tob bago tuluya'ng lumapit doon!

Sumiksik kami sa kumpulan ng tao hanggang sa marating namin ang gitna at makita namin si Deib na nakahandusay sa lupa at may mga butil ng dugo sa dibdib at mukha!

"D-Deib?!" nag-aalala'ng napalapit kami ni Tob sa kaniya at mabilis na inaral ang kabuuan niya. **"Deib?! Are you okay, dre?! Deib!?"** tawag ko pa sa kaniya dahil pupungay pungay na ang mga mata niya!

"Dre, a-ano'ng nangyari dito?!" inis na tanong ni Tob sa mga tao'ng nakatingin lang sa kaniya. **"Nakita niyo ng ganito---hindi man lang kayo tumulong!"**

"Lee, Tob.." may tumawag sa'min mula sa likuran at nakita namin si Barb.

"Barb, anong nangyari?!" inis na tanong ko.

"Napagtripan si Deib e.." nag-aalala ngunit bakas ang inis na sagot niya. Nilingon niya pa ang isa'ng lalaki'ng hawak hawak na ng mga waiter nila'ng sina Bri at Manyu sa magkabilang kamay. **"Loko'ng 'yan! Dalin niyo na sa Pulis 'yang bwisit na 'yan!"** sigaw pa ni Barb sa mga waiters niya at saka muli'ng bumaling sa'min.

"Bakit hindi niyo pa siya dinala sa ospital?!" inis na tanong ko at saka bumaling kay Tob. **"Tulungan mo ko, dalin natin siya sa ospital."**

Dahan dahan naming pinagtulungan ni Tob na buhatin si Deib. Panigurado'ng may tama na siya dahil kahit hindi siya magsalita ay umaalingasaw ang amoy ng alak mula sa katawan niya.

"Dre, dadalin ka namin sa ospital.. Sabihin mo sa'kin kung saan ang masakit, ah?!" nag-aalala ngunit batid mo'ng inis na sambit ni Tob.

"T-Teka.." parang hirap magsalita'ng usal ni Deib at nilingon naman namin siya. Kinaway kaway niya pa ang kaliwa niya'ng kamay kay Barb.

"A-Ano 'yon, Deib?? D-Do you need anything?!" nag-aalala'ng tanong pa ni Barb habang buhay namin sa magkabila'ng balikat si Deib.

"S-Sino 'yung s-sumigaw??" hirap na tanong ni Deib.

"A-Ano'ng sumigaw??" taka'ng tanong naman ni Barb.

"M-May n-narinig a-ako'ng s-sumigaw.. l-lalaki.."

"Ako 'yon!" may nagsalita mula sa likuran namin at dahan dahan kami'ng napalingon.

SI BEKA!

"A-Ano'ng sumigaw ba, Deib??" taka'ng tanong ko.

"T-Tch! I-Ikaw 'yon!?" parang inis at gulat pa'ng tanong ni Deib dito.

"Oo! Bakeeet!?" nakapamewang pa'ng tanong nito.

"B-Bakit b-boses lalaki!?"

"Bakeeeet? Hindi ba ako lalaki?! Tse! Kung hindi ako nagboses lalaki baka tegi ka na d'yan! O siya, dalhin ang gwapo'ng 'yan sa ospital na pinakamalapit at baka mabawasan ang guapito sa mundo!" taboy pa nito'ng bakla sa'min kaya naman dahan dahan munit mabilis nami'ng dinala ni Tob si Deib sa kotse ko.

Maya maya pa ay nasa byahe na kami papunta'ng BISH.

"Pucha! Yari ka na naman nito, dre.. Ginawa mo ng tambayan ang BIS!" inis na singhal ni Tob kay Deib, pareho sila'ng nasa backseat kaya tinitingnan ko na lang sila sa rear mirror.

"Tch.." tatawa-tawa pa'ng singhal ni Deib sa kaniya at napabuntong-hininga naman ako. Hirap siya'ng ibuka ang isa'ng mata niya at mas naningkit naman ang isa pa. **"Okay lang ako, b-binugbog lang naman ako.."**

"Tsk! Binugbog *'lang'*?? Lang?! Ano ba'ng ginawa mo don, Deib??" pigil ang inis na tanong ko at nagtama naman ang paningin namin sa salamin. **"Tingnan mo kung ano'ng nangyari sa'yo? P-Pano kung napahamak ka don!? Wala ka'ng kasama.."**

"D-Dumating naman si B-Beka e.." hirap pa ri'ng tugon niya at nakaramdam naman ako ng inis. **"Tch! Akalain m-mo'ng siya lang pala 'yun.."**

"Pa'no kung hindi dumating si Beka?! Sino'ng tutulong sa'yo?!" inis na tanong ko at gumewang naman ang ulo niya at itinuon ang paningin niya sa labas ng bintana.

"S-Sana nga, d-dre.. S-Sana nga ay n-napahamak na lang a-ako.. B-Baka s-sakaling bumalik si T-Taguro---"

"Deib!" inis na sigaw ko sa kaniya ngunit ni hindi man lang niya ako nilingon. Bakas na sa mukha niya ang nagbabadya'ng pag-iyak niya na naman.

"Dre, 'wag ka nama'ng g-ganiyan.." maraha'ng sabat ni Tob ngunit pati siya'y 'di man lang nilingon nito. **"S-Sana naman mas isipin mo ang sarili**

mo.. mas ingatan mo ang sarili mo dahil wala si Max dito.."

"A-Ang hirap tingnan ng m-mga kaibigan mo'ng m-masaya h-habang ikaw.. n-nasasaktan.. G-Gusto ko rin n-naman kayo'ng m-makasama k-kaso.. lalo ko lang s-siya'ng n-naaalala.. G-Gusto ko ri'ng tumigil, gusto ko rin maging o-okay pero ang hirap.. K-Kung n-nandito kaya s-siya.. sing sweet n-niyo rin kami??" mahaba'ng sambit niya habang nasa labas pa rin ng bintana ang paningin. Inis ako'ng itinuon na lang ang paningin sa pagmamaneho at mas binilisan ko. **"S-Sana sabihin n-niya sa'kin k-kung may n-nagawa ako'ng mali, m-magsosorry ako k-kahit ilang ulit---"**

"Dre.." pigil sa kaniya ni Tob. **"Tama na naman, oh?? A-Ako na ang nakikiusap sa'yo.. Tama na.."** malumanay na pakiusap sa kaniya ni Tob at natigilan si Deib. Hindi na siya kumibo at itinuon na lang ang paningin sa labas ng bintana.

Mabilis nami'ng narating ang BIS Hospital at agad ring inasikaso ng mga doktor at nurse si Deib dahil kilala na siya ng mga ito.

"Wala naman siya'ng masiyado'ng tinamong sugat.." baling sa'min ng doktor at tumango naman kami ni Tob sa kaniya. **"Pero panigurado'ng mas sasakit pa mamaya ang katawan niya. Maigi na ri'ng dinala niyo siya dito para makapagpahinga.."**

"Thanks, Doc.." sagot ko pa.

"Welcome.. Pero.. masiyado naman na yata'ng nagiging suki dito ang apo ng nagmamay-ari ng ospital??" sarkastiko'ng tanong niya pa. **"Hindi maganda 'to.."** dagdag niya pa at napailing naman ako. **"Itinawag na namin sa family niya na nandito siya, sana ay 'wag ninyo'ng masamain dahil kami rin ang mapapasama kung hindi namin sasabihin sa kanila'ng nandito si Deib Lohr Enrile."**

"N-Naiintindihan namin, Doc. Plano rin naman po nami'ng sabihin." sabat ni Tob. Tumango lang ang Doktor at saka iniwan kami.

Tumingin ako kay Deib at nakapikit siya. Batid ko nama'ng gising siya.

"Deib.." tawag ko pa sa kaniya at 'di naman bumukas ang mga mata niya. **"M-May masakit pa ba sa'yo?"** tanong ko at doon dahan daha'ng bumukas ang mga mata niya.

Nanatili siya'ng nakatingin sa kisame ng kinahihigaan niya. Hirap pa rin siya'ng imulat ng ayos ang mga mata niya.

Bumuntong-hininga siya at saka bahagya'ng ngumiti.

"Hindi naman n-nabawasan ang sakit, dre.." malumanay na sagot niya at natigilan naman ako. Palihim pa kami'ng nagkatinginan ni Tob.

"Deib, a-ano ba'ng pwede nami'ng gawin para matigil ka na sa pagpapahirap sa sarili mo?" sabat ni Tob sa maraha'ng paraan.

"P-Pinahihirapan ko ba talaga ang sarili ko, Tob?" tanong niya at mas natigilan si Tob at hindi nakasagot. Tumingin si Deib kay Tob at saka muli'ng ngumiti. **"G-Ganon ba talaga siya kahirap mahalin??"**

"D-Deib.." tawag ko sa kaniya at natigilan naman siya. **"Parang-awa mo na, dre.. T-Tama na.."** pakiusap ko.

"H-Hayaan mo lang ako, Lee.. Kusa ri'ng mawawala 'to.. alam ko.." aniya pa at saka bumuntong-hininga. **"G-Gusto ko'ng magpahinga.. Makakauwi na kayo---"**

"Hindi ka namin pwede'ng iwan dito.." marii'ng tugon ko.

"Hindi naman nila ako pababayaan dito.." sagot niya.

"Pero hindi ka rin namin pwede'ng pabayaan dito.." sagot ko at hindi na siya kumontra pa. Ipinikit niya ang mga mata niya at saka hindi na kumibo pa.

Naging makahulugan ang tinginan namin ni Tob at sabay kami'ng naglakad papalayo sa kama'ng kinahihigaan ni Deib.

"M-Masama ba ako'ng kaibigan kung hindi ko alam kung a-ano'ng dapat ko'ng sabihin?" nag-aalala'ng tanong ni Tob. **"H-Hindi ko alam kung ano'ng pwede ko'ng gawin para matigil ang kagaganyan ni Deib.."**

"H-Hindi kasi natin naranasan ang pinagdadaanan niya kaya baka g-ganito tayo sa kaniya.." sagot ko habang nakatingin pa rin sa kama ni Deib.

"A-Ang hirap naman kasi e.. N-Naiintindihan ko siya pero h-hindi ko rin siya kaya'ng tingnan na nagkakaganyan.. Pucha, parang pati ako.. n-nasasaktan."

"N-Naiintindihan rin kita, ganiyan rin ang nararamdaman ko.." napapabuntong-hininga'ng tugon ko. **"Pero hindi tayo ang makakapagpahinto sa kaniya, dre.. Hindi tayo.."**

Wala kami'ng ibang ginawa sa mga buwan na nakalipas kung hindi ang panoorin ang mga kilos ni Deib. Ang tingnan kung okay lang siya. Ang mag-adjust kapag alam nami'ng naiinggit siya.

Hindi naman dala ang pinagdaraanan niya pero pati kami ay apektado. Hindi sa nanunumbat kami o nagrereklamo, sadyang ang hirap niya lang

talaga'ng pagmasdan dahil nakakaawa na siya.

Sana nga ay maging okay na ang lahat..

Mabilis na lumipas ang minuto at napatayo kami agad ni Tob sa mabilis na pagpasok ng Mommy at Daddy ni Deib kasama sina Randall at Dein.

Sa amin ni Tob agad sila dumeretso.

"What happened to Deib?! Where is he?!" nag-aalala'ng tanong ni Dein sa'min at mabilis rin naman kami'ng nilapitan ng Doktor na tumingin kay Deib.

Ipinaliwanag ng Doktor ang lagay ni Deib at ikinuwento naman namin ang nangyari.

"Oh my God! A-Ano'ng iniisip ng bata'ng 'yan!" pigil ang inis na bulalas ni Tita.

Marahan kami'ng lumapit papalapit sa kama ni Deib at sa oras na 'to ay batid ko'ng tulog na nga siya.

"D-Deib, anak??" tawag pa ni Tito sa kaniya ngunit hindi nagbukas ang mga mata niya.

"He needs rest, panigurado'ng napagod siya sa nangyari sa kaniya." ani Dok at tumango tango naman kasabay ng pagbuntong-hininga si Tito. **"M-Magagalit na naman ang Chairman nito dahil sa nangyari sa kaniya.. A-Ano ba'ng ginagawa niya?!"** pigil ang inis na bulong pa ni Tito na kay Tita nakaharap.

"Lohrton, a-ano'ng pwede nati'ng gawin para matigil na si Deib?? H-Hindi ko na siya kaya'ng panoorin na nagkakaganyan.. n-nasasaktan rin ako.." naluluha'ng ani Tita at natahimik naman kami.

Sandali pa kami'ng nanatili ni Tob doon hanggang sa mas gumabi. Pinauwi rin kami ni Tito dahil hindi rin naman kami pwede'ng magstay doon. Hindi na rin namin nagawa'ng mag-usap pa ni Tob dahil hindi namin alam kung ano'ng dapat nami'ng sabihin dahil hindi rin namin alam kung ano'ng dapat gawin.

DEIB'S POV

Gising na gising ako pero wala ako'ng lakas para imulat ang mga mata ko't magpaliwanag sa kanila.

Nakakasawang magpaliwanag sa mga tao'ng ang alam lang ay nasasaktan ka at nakakasawa ng tingnan ka..

"Dein, do you think he's okay??" dinig ko'ng bulong pa ni Mommy kay Noona.

No, I'm not okay..

"I'm sure he's tired.. I d-don't know what happened, bakit kasi sa B-Bar siya napunta? Akala ko ba ay Party nila sa s-school siya pupunta?" dinig ko'ng bulong pa ni Noona.

"Hon, d-dumaan siya sa bahay.." sabat ni Randall.

Nandito rin siya? Tsk..

"Ha?? A-Ano'ng ginawa niya don?!" bakas ang inis sa bulong na 'yun ni Noona.

"T-Tulad pa rin ng dati.. T-Tinatanong kung saan niya makikita si Pein.." sagot ni Randall na mas malakas sa bulong nila. Sabay sabay ri'ng napabuntong-hininga sila.

"He's really in pain.." dinig ko'ng bulong pa ni Noona. **"N-Naaawa na ako sa kaniya."**

"Ssshh, he might hear us, Dein.." bulong ni Mommy.

"Mahal na mahal niya si Pein at hindi ko siya masisisi sa bagay na 'yun.." sabat ni Randall at wala ako'ng ibang ingay na nadinig mula sa iba. **"Naiintindihan ko si Deib, pero.. hindi tama ang ginagawa niya'ng pagpapahirap sa sarili niya dahil lang wala si Pein. She also needs space to breathe.. I-I'm not saying that he's occupying all of her space, it's not like that. Everyone needs to have their own space. They both need to give each other the space to grow. They need each other because they love each other. Pero may kaniya kaniya'ng parte sila ng buhay na hindi kailangan ang presensya ng isa't-isa at 'yun ang kailangang maintindihan ni Deib."**

"H-Hindi kaya ni Deib ng wala si Maxpein, Hon."

"Trust is the foundation of any good relationship and part of that entails giving her the freedom to have a life separate from his. Hindi naman nawala si Pein sa kaniya, tsh."

"Psh, nasasabi mo lang 'yan kasi hindi ikaw ang nasa situation niya, dumbass!" dinig ko'ng singhal ni Noona sa kaniya at gusto ko ma'ng matawa ay 'di ko rin nagawa.

"Tsh. Alam ko, magiging mahirap para sa parte ni Deib na intindihan 'yun dahil sa kanila'ng dalawa.. mas naubos siya. She has a strong and cold personality, she has the ability to ignore everything. And this one is fragile---he breaks easily. Ibinigay niya ang lahat at wala'ng natira sa sarili niya." dinig ko pa ang buntong-hininga ni Randall matapos ng linya niya.

"Yeah right, baliktad sila.." natatawa kunwari'ng bulong ni Noona.

"Mmm.. Kung nasaan si Pein, gusto niya nandoon rin siya. Kung ano'ng ginagawa ni Pein, gusto niya nalalaman niya. Buntis ka na't lahat, nagseselos pa rin siya. Tsh.." dinig ko pa ang bahagya pagtawa niya. **"Siya lang ang lalaki'ng nakakita ng puso sa paningin niya, tsk tsk."**

Siraulo!

"Pero.. isang bagay na ikinabilib ko sa kaniya, kahit pa isip-bata siya, hindi siya controlling.. He's just emotional. Tsh, sabagay, hindi niya naman mako-control si Pein kahit gustohin niya." dagdag pa ni Randall.

Malamang.. naiwan niya ako e..

"M-Mga bata pa kasi sila.. H-Hindi pa nila naiintindihan ang lahat lahat.." dinig ko'ng sabat ni Daddy.

"He has to understand that loving too much is not loving enough.." sabat naman rin ni Mommy.

"He doesn't really have to let her go, nobody says he have to do that. All he gotta do is to wait for her." dagdag pa ni Randall at saka bumuntong-hininga.

Hindi ko naman napigilan ang sarili ko'ng damdamin ang sinabi niya.

A-Ako ba talaga ang mali?? Tsk!

Hindi ko rin naiwasa'ng pag-aralan ang sarili ko.

Tch.. S-Siguro nga ay sumobra ako at hindi niya 'yon nagustohan.

Magdamag ako'ng nag-isip at pilit na inalala ang mga bagay na ginagawa ko sa kaniya.

Ang mga bagay na sinabi niya ay pilit ko'ng isinaisip at inintindi isa-isa.

Makalipas ang tatlo'ng linggo..

Ika'tlo'ng linggo sa buwan ng Marso.

"Mister Enrile got the highest score!" tuwa'ng tuwa'ng sigaw ni Miss at nakangiti'ng napatayo naman ako!

****PALAKPAKAN!****

"Woooh! Ang galing ni Deib!" dinig ko'ng papuri pa ni Liel at nginitian ko naman siya.

"Wow, masiyado naman yata ang pag-iimprove mo, Mister Enrile??" nakangiti'ng dagdag pa ni Miss Agaser.

"Sinipag lang magbasa, Miss!" taas-noo'ng sagot ko pa.

"Ay suuus! Kung noon mo pa ginawa 'yan ay hindi na sana ako namroblema pa sa iyo! Hahahahahaha! Halika dito't kunin mo ito'ng

test paper mo." senyas pa niya sa'kin. Nakangiti'ng nilingon ko naman sina Lee at Tob.

"Congrats!" nakangiti'ng bati pa nila sa'kin.

Kung may Entrance Exam, meron ri'ng Exit Exam kung tawagin. At ito ang exam na tinake namin ngayon sa lahat ng subjects.

Hindi ko maipaliwanag ang tuwa'ng nararamdaman ko ngayon dahil bukod sa nagawa ko'ng ipasa *LAHAT* ng subjects ay talaga'ng matataas lahat ng nakuha ko.

Kabado ako sa *BIOLOGY* na siya'ng naging weakness ko buo'ng high school life ko.

Tch! Tapos SISIW lang sa'kin ngayon?! Bwaahah!

Daig ko pa ang lawak ng ngiti ni Joker nung mahawakan ko ang papel ko at talaga'ng nanlaki ang mga mata ko!

WTF???

"M-Miss, 95?!" gulat na tanong ko kay Miss Agaser at nakangiti'ng tumango tango naman siya! Halos malaglag ang panga ko sa sobra'ng pagkaka-nganga ng bibig ko! **"Bwahaaha! Ang galing ko---pakshet!!"**

"Mister Enrile!"

"S-Sorry, Miss!" nakangisi'ng paumanhin ko at saka mabilis na bumalik sa upuan ko't mayabang na ipinakita kila Lee at Tob ang test paper ko! **"Bwahaha! 95, dre! Kalahati d'yan ay pinag-isipan ko at kalahati d'yan ay sagot ni Batman! Hahahahaha!"**

"Naaaaay! Hahaha! Nangopya ka, no?!" biro ni Tob at nginusuan ko agad siya.

"Ulul! Kanino ako mangongopya e nakatalikod ako sa buong mundo?!" mayabang na sagot ko pa!

Totoo.

Nung mag-exam ako ay sindaya ko'ng pumunta sa mismo'ng harapan sa tabi mismo ng table ng Proctors.

Dahil ayoko'ng ma-distract.

Gusto ko'ng sarili ko lang at wala'ng ibang estudyante ang nakikita ko.

Ayoko'ng mapressure mag-exam sa t'wing makikita'ng may nagpapasa na ng papel nila habang ako ay nag-iisip pa lang.

Pinayagan naman ako nung proctors dahil isa sa kanila ay katabi ko habang nag-eexam!

"Libreee!" dinig ko pa'ng buyo ni Lee at tiningalaan ko naman agad siya!

"Pasado na---topnotcher pa! Ano'ng gusto mo, boy linis?! Ha??" mayabang na tanong ko pa sa kaniya.

"Hahahahaha. Sana dati mo pa ginawa 'yan, Deib.. Malay mo, naging valedictorian ka pa??" pang-aasar niya pa.

"Tch! Hindi ako gagraduate ng ganito'ng kagwapo kung matagal ko ng ginawa 'to! Nakakatanda kaya ang stress! Tingnan mo 'to si Tob?? Mukha'ng pinakamatanda sa'ting tatlo! Hahahahaha!" biro ko pa kay Tob na mabilis na nagsalubong ang kilay.

"Psh! 'Di bale ng mukha'ng stressed! At least, may titulo ako!" mayabang na sumbat pa ni Tob at tinapik ko naman ang balikat niya at sumeryoso ang mukha.

"Kahit pa salutotorian ka---mas mahaba pa rin ang magiging speech ko sa'yo!" mayabang na sagot ko.

"Psh! Ulul! Baka *'salutatorian'* 'yun?!"

S-Salutatorian ba 'yun? A-Ang alam ko ay salutotorian..

"Hindi ka talaga pwede'ng magkaron ng titulo! Hahhahaha!" pang-aasar niya paat sabay sila'ng tumawa ng malakas ni Lee at nakanguso'ng napaisip naman ako. **"Ano naman ang perst?? Valedoctorian?! Hahaha!"**

"M-Makapang-asar ka ah!" singhal ko sa kaniya! **"Sige nga, itanong mo nga kay Michiko kung ano'ng spelling non.."** pigil ang tawa'ng pang-aasar ko kay Tob at sumeryoso naman ang mukha niya.

"Pakyu ka, Deib.."

"Bwahahhaha!" malakas kami'ng tumawa ni Lee sa kaniya.

"Pakyu kayo!" sigaw pa ni Tob at mas natawa kami sa kaniya.

"Tama na nga 'yang lokohan niyo, nagugutom na 'ko.." sabat ni Lee at nilingon naman namin siya.

"Hindi ka ba muna maghuhugas ng kamay, dre??" pigil ang tawa'ng pang-aasar ni Tob sa kaniya.

"Mamaya na---"

"Maghugas ka na, baka narumihan ka sa ginawa mo'ng paghawak hawak sa papel ni Deib kanina e.."

"Tsh, shut up, Tob!"

"Uuuyy, maghuhugas na 'yan.." buyo pa ni Tob at tatawa-tawa naman ako'ng pinanood siya. **"Uuuuyyy---"**

"Ano ba!" sigaw ni Lee sa kaniya.

"Hugas na! Kaya nga nilagyan ng sanitizer bawat banyo dito ay dahil sa'yo.. Hugas na, Lee! Hugas na---"

"Isa pa, tatablahin na kita!" banta ni Lee sa kaniya at saka tumayo.

"Uuuuyyy!! Maghuhugas na nga!" sigaw ni Tob at galit siya'ng nilingon ni Lee! Tumingin sa'kin si Tob at sabay kami'ng natawa!

"Bwahahahahaha!" malakas na tawa namin habang nakaturo pa kay Lee na nakabusangot na ang mukha!

"Pakyu kayo pareho!" sigaw niya pa sa'min at saka naglakad papalabas ng room.

"Lagot ka, dre.." bwelta sa'kin ni Tob na sumesenyas pa ng daliri niya!

"Loko, bakit ako?!" nakanguso'ng tanong ko.

"Kasi ang lakas mo'ng tumawa. Hahahaha!" biro niya at inambaan ko naman siya.

Magkaakbay kami'ng naglakad papalabas ng room at sumunod kay Lee papunta'ng Canteen.

Nandoon na rin sila Parrot pagdating namin.

"Oh, kumusta exam?? Madali ba??" salubong agad ni Michiko at nakangiti'ng tumango naman si Tob sa kaniya. **"Woooow! Sinabi ko na nga ba at sisiw lang sa inyo 'yan e!"**

"Psh! Pero hindi ako ang highest ngayon!" sagot ni Tob at saka nagtaka si Michiko.

"Talaga, baby?? E s-sino?!"

"Ehem.." mayabang na ubo ko at gulat sila'ng napatingin sa'kin.

Taas-noo'ng nagpamewang ako.

"Ooooh! Ikaw, Deib?!" sabay sabay na tanong nina BJ, Migz at Michiko.

"Oo naman yes!" mayabang na sagot ko at nagpalakpakan sila.

****PALAKPAKAN!****

"Si Deib ang highest sa lahat ng subjects.." tuwa'ng tuwa'ng kwento ni Lee at mas nagulat sila.

"S-Seryoso?!" si Migz.

"Tch! Bakit gulat na gulat ka?!" singhal ko sa kaniya! **"P-Parang sinabi mo na ri'ng boplaks ako ah?! Tch.."**

"U-Uyy, hindi ah! Hindi lang talaga makapaniwala'ng 'yang loko mo'ng yan---"

"Hoy! H-Hindi naman na ako maloko nito'ng h-huli ah.."

"Oo nga, hahahahaha! Matino'ng matino ka na.. Kung ganon, alam mo na ang gusto ko'ng ulam ha?? Samahan mo na rin ng dessert!" pang-uuto niya pa.

"Tch! Sige! Sige!" singhal ko pa kunwari at saka nakangiti'ng tinalikuran sila at saka ako nagpunta sa line.

"Sensui.."

Gulat ako'ng napalingon at nagtama ang paningin namin ni Parrot.

"P-Parrot.." utal na usal ko ng bansag niya.

"Tulungan na kita.." malumanay na aniya pa at tatangu-tango'ng napailing na lang ako at saka bumaling sa server.

"Tatlo'ng Set C, at sampung leche flan.." order ko pa.

"Congrats ah??" ani Parrot at taka'ng nilingon ko naman siya.

"A-Ahh, hehehehe. Salamat. Matataas rin naman ang nakuha ni Lee.." kwento ko pa.

"Alam ko, hehehehe. Pero congrats sa'yo, kasi sa wakas.. Nakita mo na ulit ang sarili mo.." aniya at natigilan agad ako. Pero agad rin ako'ng nakabawi at pilit na ngumiti.

"S-Syempre naman, kailangan ko 'to e.."

"Kaya nga congratulations sa'yo.. P-Panigurado'ng matutuwa si M-Max kapag.. nalaman niya'ng ganito ang naging achievement mo.." dagdag niya at ngumiti na lang ako at saka palihim na bumuntong-hininga.

Sa mga nakaraang linggo ay pinilit ko'ng ipa-realized sa sarili ko'ng mas kailangan ako ng sarili ko kesa sa ibang tao.

Pero hindi ka pa rin nawawala sa puso ko.. Ikaw lang ang kailangan ko at kahit ano'ng gawin ko, ikaw pa rin ang laman ng puso't isip ko..

Hindi ko pinilit mag-aral dahil kusa ko 'tong ginusto. Nagfocus ako ng todo at pinahalagahan ang natitira'ng oras ko sa high school. Hindi ko lang pinagbuti kundi ay mas ginalingan ko pa.

Ang basketball ay hindi ko rin pinabayaan, ang totoo.. ako pa ang nagtrain sa mga papalit na varsity sa'min kahit pa gahol na rin ang oras ko sa sunod sunod na projects at completion.

Tapos na ang exit exam kaya petiks na lang kami ngayon at paghahandaan ang graduation sa Friday.

Matapos naming um-order ni Parrot ay magkatulong nami'ng dinala ang mga trays ng pagkain sa table namin.

"Pucha, simula nung dito na tayo kumain sa table nila Michiko, 'yung mga bago'ng varsity na ng basket ang umukupa nung pwesto

natin!" nakangisi'ng ani Tob.

"Tsh, hayaan mo sila. Bakit mo ba sila pinapakialaman sa gusto nila?" kontra ni Lee sa kaniya.

"Naalala ko.." sabat ni Parrot at nilingon naman namin siya. **"Nung isang beses na kumuha kami ng tubig ni Max d'yan ay pinagtawanan kami nung mga junior varsity niyo! Psh! Kesyo pangmahirap raw ang tubig sa water dispenser! Wow, ah!"**

"Hahahahahahaha! Hindi ka na nasanay! Alam mo ng marami'ng maaarte dito!" sabat ni Tob.

"Oo nga, nandon na 'ko sa maarte sila pero duh?! Stop me! Sa dami ng umiinom doon ay kami lang talaga ang napansin nila!?"

Masaya sila'ng nagkwentuhan habang nakikitawa naman ako sa kanila. Masaya naming pinagsaluhan ang lunch na nilibre ko sa kanila.

"Mamimiss ko ang pagiging high school, tsk! Ang sabi ni Noona, iba na daw kapag College ka.. Tch! Pano'ng iba?! E estudyante ka pa rin naman, 'di ba?!" nakanguso'ng tanong ko pa.

"Saan mo nga pala balak mag-aral, Deib??" tanong ni BJ at nilingon ko naman siya.

"Dito pa rin, syempre.. bakit pa 'ko lalayo? Heheheheh.." sagot ko.

"Pero.. Medicine ang number one course ng College dito sa BIS, hindi naman matunog ang Engineering dito.."

"Oo nga, pero kapag College nako.. mag-iingay 'yan! Hahahahahaha!"

"Sabagay, hahahaha.. 'Yung dumaan ka nga lang sa College Campus e umiingay na lahat ng department! 'Yon pa kaya'ng mapunta ka na sa Campus nila!"

"Marami'ng Engineering, 'di ba?? Alin don??" tanong ni Parrot at nilingon ko naman siya.

"Civil Engineering.." sagot ko.

"Wow, tayu-tayuan ng buildings!" buyo ni Migz.

"Yes.." nakangiti'ng sagot ko.

"Mabuti yan, Mister Enrile.. Para hindi lang 'yung ikaw ng ikaw ang tumatayo.."

"Ssshhkk.. Panigurado'ng magkakagulo ang mga babae sa'yo don, dre.." sabat ni Tob at natawa na lang ako.

"Ano nga pala ang kukunin mo'ng course, Lee?" sabat ni Migz at napatingin kami kay Lee. Iiling-iling siya'ng napangiti habang nakatingin sa

pagkain niya. Bumuntong-hininga siya at saka sumandal sa kinauupuan niya.

"Business Management.." sagot ni Lee.

"Oh?? Bakit 'yun?? Mahilig ka ba sa business??" tanong pa ni Michiko.

"'Yon kasi ang linya ng parents ko.." sagot ni Lee.

"E 'yun naman ba ang gusto mo?" tanong ni Parrot.

"Mmm.. of course, hindi naman dahil sa 'yun ang linya nila ay 'yun na rin ang kukunin ko. 'Yon ang gusto ko.." nakangiti'ng sagot ni Lee.

"Gaganiyan ganiyan 'yan si Lee pero magaling sa management 'yan, business-minded rin siya.. Kaya sa tingin ko ay babagay sa kaniya ang course na 'yun.." sabat ni Tob. **"Saan mo naman balak mag-aral??"**

"Dito rin.." sagot ni Lee at nanlaki ang mga mata ni Tob. Natatawa naman ako'ng napatingin kay Tob.

"D-Dito rin?!" nakanguso'ng tanong pa ni Tob at tumango-tango naman si Lee.

"Bakit??" natatawa'ng tanong pa ni Lee sa kaniya. **"Ikaw ba?? Balak mo'ng humiwalay kay Enrile? Hindi ka namin tropa kung ganon.."**

"Sssshhhkk.." iling ni Tob.

"Ano nga pala'ng course ang kukunin mo?" tanong ko kay Tob. Hindi siya nagbanggit sa'min kung ano ba ang gusto niya'ng kunin.

"Gusto ko'ng mag-PolSci, hahahaaha!"

PolSci?? A-Ano ba'ng ginagawa non??

Natapos kami'ng maglunch at isip ako ng isip kung ano ang ginagawa ng PolSci kaya naman pag-akyat namin sa taas ay tinanong ko si Tob.

"Dre, bakit 'yong PolSci ang kukunin mo?" tanong ko sa kaniya at natatawa naman siya'ng nilingon ako. **"Balak mo'ng pumasok sa politiko?"**

"Mmm.. Hindi naman.. Gusto ko lang maging abogado at 'yon ang course na gagawin ko'ng Pre-Law.."

"W-Wow.." mangha'ng sagot ko. **"T-Talaga??"**

"Mmm.. Bakit parang gulat na gulat ka pa?!"

"Hahahahaha. Wala kasi sa itsura mo'ng gusto mo'ng maging abogado! Mukha ka'ng suspek!"

"Ulul! Hahahha!"

"Bagay nga kay Tob nag maging abogado e.." sabat ni Lee at nilingon ko naman siya.

"Psh! Bakit na naman!?" inis na tanong ni Tob sa kaniya.

"Madada e.. hahaha!" ani Lee at natawa kami'ng dalawa! Nanlilisik ang mga mata'ng tiningnan kami ni Tob.

"Oo, at mas bagay sa'yo ang Nursing! Para ma-master mo ang hand washing! Psh!" suya'ng tugon ni Tob.

"E-Eto naman.. Biro lang e!" panunuyo ni Lee sa kaniya.

"Pwe! Alis d'yan! Hahhaha!"

Dumating ang sumunod na mga Lecturers at wala kami'ng ginawa kung hindi ang magkwentuhan sa mga nangyari nung mga nakaraan.

Tawanan dito..

Hagalpakan d'yan..

"Anu-ano ang mga hindi niyo malilimuta'ng experience sa high school life niyo?" nakangiti'ng tanong ni Miss at nagsagutan naman ang mga babae.

"Acquaintance Party, Miss!"

"Dance Troupe, Miss!"

"Basketball Varsity, Miss!"

"Hingian ng papel, Miss!"

"Interhigh!"

"Cutting classes!"

"Crushes!"

"Bullies!"

Lahat sila ay naglingunan sa'kin.

"Hahahaaha! Lahat sila, dre.. nakatigin *'sa iyo'*!" buyo sa'kin ni Tob at inis ako'ng tiningnan siya!

"Tch! Oh, e ano'ng gusto mo'ng sabihin!?" inis na tanong ko sa kaniya.

"Na ikaw ang bully dito! Hahahaaha!"

"Bwaaha!" pinagtawanan pa ako nung mga kaklase namin at ngumuso nalang ako sa kanila!

Tch! Gwapo'ng bully naman 'to..

"Sister Rivalry between Abby and Aimee!" sigaw nung isa sa mga bakla'ng classmate namin. **"Hindi nawala wala sa Hot Topics 'yon sa blogs!"**

"Sino'ng makakalimot kay Ysay?!" sigaw ni Liel at nagtawanan kami. **"My God! Kinikilabutan pa rin ako everytime sasabihin ko ang name niya!"**

"E si Choco?!" sabat naman ni Mannie at umalulong ang takot na boses ng mga kaklase ko.

"Oooohhhh!"

"Woooohhh!"

"The Creepy Chowcow!"

"Sino'ng makakalimot kay *'Taguro'*??"

Naiangat ko ang paningin ko sa gulat at napatingin ako kay Miss! Siya ang nagsabi ng huli'ng linya'ng 'yon!

Naramdaman ko ang mabilis na pag-iinit ng mukha ko dahilan para mapayuko ako.

Hindi ko man sila nakikita ay ramdam ko'ng nasa akin ang lahat ng paningin nila!

Tsk.. T-Talaga'ng nananadya ang panahon ah!

"Wala, Miss! Wala'ng makakalimot kay Taguro!" sigaw pa ni Liel. **"Ang kaisa-isa'ng babae'ng lumaban sa buo'ng school at nanalo! Hahahahaha!"**

"Ang nakakabilib, mayabang, hambog at maangas na si Taguro! Yeah!"

"Oo, mamimiss ko'ng panoorin siya'ng sumayaw.. Kasi ay sa iba'ng school ako mag-aaral.."

"Ang babae'ng nakapagpa-ibig kay Enrile! Si TAGURO! Hahahhaha!" malakas na sigaw ni Tob at inis naman ako'ng nilingon siya! **"Sige, dre---itanggi mo! Ano?! Itanggi mo!"**

"Tch.. Bwisit ka.." bulong ko sa kaniya at nagtawanan naman ang mga nakarinig.

"Hahahahaha!"

Miss na miss na kita talaga.. Gagraduate na 'ko.. hindi man lang kita nakikita..

Nalungkot ako sa sarili ko'ng isipin.

Kasabay ba ng pagtatapos ko dito ay ang pagtatapos ng relasyon ko sa'yo.

Hindi ko kaya, Taguro.. Kailangan kita sa buhay ko..

Sa Parking Lot habang hinihintay sila Parrot, nagkwentuhan na naman kami, at maya maya pa.

"Excited na 'ko sa graduation.." ngingisi ngisi'ng ani Tob at nilingon naman namin siya.

"Tsh, excited ka naman sa lahat ng bagay!" singhal ni Lee sa kaniya.

"Pucha, dre---napapansin ko kanina mo pa 'ko tinitira, ah?! Ano'ng problema mo sa'kin?!" galit kunwari'ng tanong ni Tob sa kaniya.

"Mamimiss lang kasi kita dahil wala tayo'ng pasok bukas hahahaha!" bawi ni Lee. Wala kami'ng pasok bukas bilang preparasyon sa Graduation Day sa Friday.

"Psh! Baka gusto mo'ng magkita pa tayo bukas?! Hahahahahaha.. Ano?! Date tayo'ng tatlo?!" yaya ni Tob at tumingin sila sa'kin. **"Iyong tayo'ng tatlo lang.. Walang girls! Hahahahahaha!"**

"Oo ba!" masaya'ng sagot ko!

"Talaga?! Sige! Gusto ko 'yan!" ani Lee.

Masaya kami'ng nagsipag-uwian matapos non.

Nakatulog ako pagkauwi kaya naman dinner time na nung maisipan ko'ng ikwento kila Mommy ang naging result ng Exit Exam ko.

"Here, baby.. Kumain ka naman ng gulay.." sabi pa ni Mommy na nilgyan ako ng beef brocolli.

"Mom.." tawag ko pa sa kaniya habang patuloy sa ginagawa niya. **"Eto 'yung mga t-test papers ko.."** sabay abot nito sa kaniya.

Inosente'ng tiningnan niya naman ang mga 'yon isa-isa. Si Dad at Noona naman ay nakikisilip pero wala'ng nakikita.

Napangiti na lang ako nung unti-unti'ng manlaki ang mga mata ni Mommy habang tinitingnan ang mga 'yon.

"O-Omo---bby!! Yiiiieeeee!!" bulalas ni Mommy at natawa ako sa kaniya. Gulat na inagaw ni Noona ang mga papel sa kaniya.

"Let me see.." sabi pa ni Noona at inisa-isa rin 'yon.

Tuwa'ng tuwa'ng tumayo si Mommy sa kinauupuan niya at papalapit na yumakap sa'kin!

"I'm so proud of you, baby! Yiiiieeeee! Ang tataas ng scores mo! Lahat ay 90 and above!" papuri pa ni Mom at nakangiti'ng tumango naman ako.

"Wow, that's great, son.." bilib na sabat ni Dad at nag-fistbump pa kami. **"Excellent!"**

"At ako ang highest sa buo'ng batch---"

"Wooow!" pigil sa'kin ni Noona! **"As in, WOOOW!"** maaksyo'ng dagag pa ni Noona at natawa na lang ako sa kaniya.

Nginitian ko sila at hindi ko maipaliwanag ang tuwa'ng naramdaman ko sa dibdib ko dahil nakikita ko sa kanila'ng bilib na bilib sila sa results na nakuha ko. Kahit kasi Exit Exam lang 'yon kung tawagin ay hindi lang 'yon

basta basta exam, 'yon ay batayan ng proficiency sa bawat subjects. Lalo pa at ilang buwan ako'ng nawala, talaga'ng nakakabilib ang naging resulta ko.

At lahat ng 'yon ay dahil ikaw ang naging inspirasyon ko.. Maghihintay pa rin ako, Taguro..

"A-Ano'ng gusto mo'ng reward, baby??" nakangiti'ng tanong ni Mommy. **"Gusto mo'ng magcelebrate bukas? Wala ka'ng pasok bukas, 'di ba? Why don't you invite your friends and classmates---"**

"No, Mom.. May lakad kami nila Tob bukas---NO GIRLS.." nakangisi'ng pigil ko sa kaniya at nakangiti'ng nanlaki naman ang mga mata ni Mommy.

"Omo! Omo! Yiiiiiieeeee! Sige, sige.. Bibigyan na lang kita ng pang-shopping mo, okay?"

"Tch.. I'm not like Noona, Mom. I don't like Shopping.."

"What do you wanna do then? Play games? Sige, bibigyan kita ng pang-games mo---"

"It's okay, Mom.."

"Aaahh.. Baby, sige na? Huh? I want you to enjoy.."

"I'm already enjoying, Mom.." nakangisi'ng sagot ko.

"Hihihihihihi.. Bibigyan pa rin kita ng money.."

Hanggang sa marating ko ang kama ko ay ramdam ko ang kakaiba'ng saya'ng 'yon sa puso ko.

♥ K ♥ I ♥ N ♥ A ♥ B ♥ U ♥ K ♥ A ♥ S ♥ A ♥ N ♥

Before lunch ay nasa Mall na kami nila Lee at Tob. Doon na rin namin plinano'ng maglunch para sabay sabay kami. Sa mas malayo at mas malaki'ng Mall kami pumunta, hindi sa Mall nila Tob dahil panigurado'ng puro libre lang ang mapapala namin doon dahil kasama namin si Tob.

Pumunta kami sa isang kilala'ng resto at saka kami naglunch.

"Pucha, dapat matagal na nating ginawa 'to e.." sabi pa ni Tob na masaya'ng nakatingin samin.

"Dati na nati'ng ginagawa 'to, dre.. Nawala lang kasi naging busy tayo.." sagot ni Lee.

"Sabagay.. Oh, saan niyo balak pumunta??"

"Games.." sagot ko at nanlisik naman ang mga mata nila.

"Paramihan ng ticket!" hamon pa ni Tob sa'kin.

Yan ang madalas nami'ng gawin at pagandahan kami ng kukuning prize kapalit ng tickets.

"Dre, chicks oh.." inginuso ni Lee ang isang babae malapit sa table namin.

Nilingon naman namin 'to ni Tob ng palihim.

"Psh! I'm taken! Hahahahaha!" ani Tob at natawa naman ako at muli'ng lumingon sa babae'ng 'yon. Maganda siya, mas maganda pa kay Kim kung tutuusin. Halatang matangkad at sopistikada.

Pero sadyang wala ako'ng pakialam.. Hahhaha---

Gulat at mabilis ako'ng napaharap kila Lee at Tob nung bigla'ng *TUMINGIN* sa'kin ang babae'ng 'yon. Hindi na ako muli'ng tumingin sa kaniya.

Mapapahamak ako sa ginagawa ko, letse! Baka isipin niya pa, trip ko siya. Tch!

Maya maya pa ay masaya na kami'ng naglalaro.

"Bakit nga pala ayaw mo'ng may kasama'ng babae, Tob?" tanong ko sa kaniya habang nag-aarcade kami at may sarili'ng mundo si Lee sa kabila'ng arcade game.

"Dahil dito.. hindi natin maisasama ang mga babae dito.." sagot niya na bakas sa mukha ang inis sa pagkakatalo niya sa'kin. Bahagya'ng natawa naman ako.

Hindi si Parrot at si Taguro.. Maisasama mo sila dito..

Natawa pa ako sa isipin ko'ng 'yon nung maalala ko'ng minsan ko sila'ng nakita sa Game Zone ng Mall nila Tob.

"Mas g-gusto ng mga 'yon ang mag-Shopping kesa maglaro---ay pucha! Talo na naman! Badtrip!" singhal pa ni Tob at nangiti naman ako.

Lumingon pa siya kay Lee na nakanganga pa habang busy'ng busy sa pagtira.

"Alam mo ba'ng.. minsan ko na ri'ng nakita sila Parrot at Taguro'ng nag-aarcade?" kwento ko habang tutok sa laro ko at gulat siya'ng nilingon ako.

"T-Talaga?!" gulat pa'ng tanong niya.

"Mmm.." nakangiti'ng sagot ko ng wala'ng lingunan sa kaniya.

"Madalas ko rin makasama si Naih dito.." malakas na sabat ni Lee sabay palo sa handbord! **"Yeah! You lose!"** sigaw niya pa at saka bumaling sa'min. **"Ano?! Tob?? May nakukuha ka pa ba'ng ticket ha!?"** tatawa-tawa'ng tanong niya.

"Psh! Ibig sabihin, si Michiko lang pala ang hindi maisasama sa ganito?!" tanong pa ni Tob habang abala pa rin sa mga controllers ng

arcade. Pinanood naman kami ni Lee.

"Sinubukan mo na ba?" tanong ko.

"Madalas.. ko rin siya'ng dalin sa M-Mall namin pero.. puro Shopping ang ginagawa niya---sheeeet! Sheeeeet! Sheeeeet!" sigaw niya pa dahil natatalo na naman siya. **"N-Next time, pipilitin ko siya, hehehehehe!"**

"Bilisan niyo d'yan, 'don tayo sa basketball!" yaya naman bigla ni Lee.

Matapos non ay nagpunta nga kami sa basketball at doon kumuha ng isa-isa'ng pwesto.

Mayabang pa kami'ng nagtinginan sa isa't-isa at nag-apir bilang luck.

"Galingan niyo.." mayabang pa'ng banta ko.

TEN! TENENEN TEN TEN TEN TEN!

"Game!" sabi pa nung Machine at saka nagsimula'ng maglabas ng mga bola.

"Waaaaa!" malakas na sigaw ni Tob at natawa naman kami ni Lee sa kaniya! Ang bagal maglabas ng bola ng machine niya. **"Sheeet! Sheeeet! Sheeeet! Bilisan mo!"** aniya at nagsimula na ri'ng tumira.

Matapos ang dalawa'ng round ko ay mabilis ako'ng naghulog ng token at nagsimula'ng tumira. Tuloy tuloy ang naging paglabas ng mga tickets sa basketball arcade machine ko.

"Wow, ang gagaling nila.."

"Ang gugwapo pa.."

"Yiiieee.. dito muna tayo.."

Naging maugong ang bulungan nung mga babae'ng nanonood at nakapalibot habang pinapanood kami.

Ilang minuto na kami'ng nakatayo at wala pa rin kami'ng tigil sa paglalaro namin ng basketball.

"Wahahaha! Ang dami ng sa'kin!" sabi ko pa habang naghuhulog ulit ng token!

PAK!

Malakas ko'ng pinindot pa'ng muli ang start button at saka muli'ng naglaro.

Sa huli ay ako ang pinakamarami, sumunod si Lee at si Tob ang huli.

Nakanguso si Tob at naniningkit ang mga mata'ng nakatingin sa'min ni Lee.

"Ano na nama'ng tingin 'yan, Yanai!?" pang-aasar sa kaniya ni Lee.

"Ang daya!" sigaw ni Tob at nakanguso'ng napatingin naman kami sa kaniya habang buhat buhat niya ang tatlo'ng rolyo ng tickets niya.

"Ang dami nung kay Deib, hahahahahaha!" papuri pa ni Lee.

"Pucha, ang daya niyo! 'Yung machines niyo---maaayos! 'Yong sa'kin ang bagal!" sumabat pa ni Tob.

"Hindi ka marunong pumili ng machine e hahahaha.." biro ko pa sa kaniya at saka ako napatingin sa walo'ng rolyo ko ng tickets. Anim naman ang kay Lee.

Pumunta kami sa prizes boarding at saka doon ipinabilang ang mga tickets.

"Wow.." mangha'ng sabi pa nung babae doon at saka inilabas ang ticket counter niya.

"Paki-una 'yung sa kaniya, Miss.. Sa kaniya ang pinaka-kaunti.." mapang-asar ang tono'ng turo ko pa sa mga tickets ni Tob! Agad naman nanlaki ang mga mata niya! **"Bwaaha!"**

"Pakyu ka, Enrile! Mayabang! Hambog!"

"Hahahaaha!" malakas kami'ng nagtawanan at nakitawa rin 'yung babae sa'min.

Maya maya pa ay natapos ng bilangin ang mga tickets namin at andami'ng nakatingin sa'min habang masaya kami'ng tinitingnan 'yung babae'ng ilagay isulat ang total ng mga 'yon sa piraso ng papel. Nagtingin kami sa mga premyo.

"'Yon lang ang kasya sa ticket mo, Tob. Iyong Bread toaster! Hahha!" pang-aasar ni Lee sa kaniya at natawa ako ng malakas talaga. **"'Yan na lang sa'yo, haha!"**

"Manahimik ka, Lee! Tsk! Ssshhkk.. 'yung skateboard sa'kin, Miss!" nakangiti'ng ani Tob dito.

"Ayy, Sir.. kulang po ang ticket niyo---"

"Bwahaha!" malakas kami'ng tumawa ni Lee.

Nakanganga'ng pinagmasdan ko ang isa'ng teddy bear na mukha'ng mas malaki pa sa'kin.

88,000 tickets..

Nakanguso'ng pinagmasdan ko pa 'yun saka tiningnan ang papel kung saan nakalista ang total ng tickets ko. Napangiti pa ako nung makita'ng 92,000 tickets ang nakuha ko.

"'Yon ang sa'kin!" nakangiti'ng turo ko sa malaki'ng teddy bear na 'yon. Inosente'ng nilingon naman 'yon ni Tob. **"Tapos, ibigay niyo na lang sa**

kaniya 'yung natitira'ng tickets ko.."

"T-Talaga, dre? Waaaaaaa! I love you, Deib!" ani Tob na mabilis pinagplus 'yung matitira'ng ticket ko sa tickets niya.

Pumasok 'yung lalaki sa stock room at saka inilabas ang naka-cover ng see-through na katulad na katulad nung teddy bear na pinili ko. Nakangiti'ng tinanggap ko ang malaki'ng teddy bear na 'yun na talaga'ng mas malaki pa sa'kin.

"Iko-cover muna natin, Sir---"

"Hindi na.." pigil ko doon sa babae. **"Mas gusto ko siya'ng dalhin ng ganito.."**

"Mahihirapan kayo, Sir.."

"Ayos lang.." nakangiti'ng sagot ko pa.

Maliit na oven toaster ang pinili ni Lee sa ticket niya dahil ibibigay niya rin daw 'yon kay Parrot. Sa huli ay nakuha ni Tob ang skateboard na gusto niya.

Pinagtitinginan ako ng mga tao habang bitbit bitbit ko ang malaki'ng teddy bear na 'yon habang papalabas ng Mall.

"Ang cute.."

"Anggwapo pa nung may dala.."

"Ibibigay niya siguro sa girlfriend niya.."

Hindi ko naiwasa'ng mapangiti sa mga bulunga'ng 'yon at nilingon naman ako nila Lee at Tob.

"Para sa'yo ba talaga 'yan??" natatawa'ng tanong pa ni Lee at hindi naman ako sumagot.

"Bakit, balak mo ba'ng hingin??" natatawa'ng tanong rin ni Tob sa kaniya.

"Tsh.."

~RIIIINNNG!~

Natigilan ako sa paglalakad sa malakas na vibrate ng cellphone ko at hirap na hirap man ay agad ko nama'ng sinagot 'yon.

"Mom??" sagot ko.

"Baby, umuwi ka na.. D-Dadalhin na namin sa Hospital ang Ate mo.." sabi niya sabay baba ng linya.

Nanlaki ang mga mata ko at napatingin ako kila Lee at Tob.

"M-Manganganak na si Noona.." mahina'ng usal ko at nanlaki ang mga mata nila. **"T-Tara! Tara!"** yaya ko at saka kami mabilis na tumakbo papunta sa Parking Lot.

Mas malayo ang mall na 'to kumpara sa mall nila Tob kaya naman halos bente minutos ang binyahe namin bago kami makarating sa ospital! Nakita ko ang kotse ni Daddy sa labas ng E.R. at pinigil naman agad kami ng guard papasok pa lang.

"Sir, marami'ng pasyente sa loob. Sino po sa inyo ang pasyente?" ani ng guard.

"M-Manganganak na po ang Ate ko.." sagot ko.

"Ikaw na lang ang pumasok, Sir.. Masiyado'ng marami'ng tao sa loob dahil may mass casualty incidente na dito sa'min itinakbo.." aniya pa at hindi naman namin naintindihan nila Lee at Tob ang sinasabi niya.

"Deib, ikaw na lang muna ang pumasok.. maghihintay na lang kami dito." ani Lee at tinanguan ko naman siya. **"Sige na, balitaan mo kami, ha??"**

"Sige.." paalam ko at saka pumasok sa loob. Nakita ko agad sila Mommy at Chairman habang si Dad ay nilingon ko sa station.

Kinahaban ako at halos manghina ang tuhod ko nung makita ko kung gaano karami ang dugua'ng pasyente ang nasa loob ng E.R.! SOBRA'NG DAMI! Walang sinabi 'yong oras na kami nila Choco ang nandito. Hindi na 'yon pinansin at lumapit na agad ako kay Noona.

"Woooh! Woooh! Woooh!" humihinga sa bibig si Noona habang hawak hawak sa kamay si Mommy! **"Aaaaaaahhh!!! M-Mommy, please call the D-Doctor! Please!"** sigaw niya pa!

"W-What?? B-Bakit nandito ka pa?!" tanong ko pero hindi ako sinagot ni Noona. **"M-Mom.."** tawag ko kay Mommy na bakas ang pagkalito.

Munit napako ang tingin namin kay Chairman nung bigla'ng mandaklot siya ng Doktor na may tulak na stretcher na dumaan sa harapan namin!

"Bakit hindi ninyo inaasikaso ang Apo ko!" sigaw niya pa rito! Agad na nanlaki ang mga mata ng Doktor na 'yon at napatingin kay Noona.

"S-Sorry, C-Chairman Enrile, napakarami'ng pasyente at hindi ko namalayan ang apo ninyo---"

"Bakit hindi ninyo dalhin sa Delivery Room!" sigaw pa ni Chairman sa kaniya.

"P-Paumanhin, Chairman.. Naka-Code White po kasi kami ngayon.. Hinugot po namin lahat ng nakaduty sa taas papunta dito---"

"A-Ano?! Sesanghe! Oh eh---asikasuhin mo na muna ito'ng apo ko!"

"Y-Yes, Chairman.." takot pa'ng tugon ng Doktor pero bago pa man siya lumapit kay Noona ay may agad na lumapit sa kaniya.

"D-Dok.. tulungan niyo po ang Mommy ko---Dok, parang awa mo na po, nabaril po siya sa dibdib niya.." pagmamakaawa ng lalaki'ng 'yon na sa tingin ko ay sing edad ko lang rin.

Muli ako'ng napalingon sa dami ng pasyente'ng nandoon at halos wala ng madaanan ang mga doktor dahil ultimo'ng sahig ay may nakahiga at halu-halo'ng uniporme na ng mga nurse ang nakikita ko.

"Manganganak na ang Apo ko! Dalhin mo muna sa D.R.!" sigaw ni Chairman sa kaniya.

"D-Dok.. parang awa mo na po.. u-unahin niyo po muna ang Mommy ko.." pakiusap naman nung lalaki.

Bakas ang pagkalito sa mukha nung doktor dahil hindi niya malaman kung sino sa amin ang uunahin.

"K-Kami na lang po ang magdadala sa D.R." sabat ko at nilingon nila ako. **"Kilala niyo naman po ang kapatid ko---"**

"That is not possible!" sigaw sa'kin ni Chairman. **"Wala ka'ng alam sa polisiya ng mga ospital at medikal!"** sigaw niya sa'kin at natigilan ako.

OceanofPDF.com

CHAPTER 164

RANDALL'S POV

Eksakto alas sais na ng umaga nung marating ko ang BIS Hospital.

Halos madapa ako katatakbo mahanap lang ang kwarto ng mag-ina ko.

Hindi ko maipaliwanag ang excitement na nararamdaman. Mukha ako'ng tanga na nakangiti pa kahit nadadapa-dapa na.

Hintayin mo lang si Daddy, baby.. Parating na 'ko..

"Doc Edda!" hinihingal na sigaw ko.

"Oh, Doc Randall??" lingon niya sa'kin.

"What happened to the elevators?" taka'ng tanong ko. Hindi ko nagawa'ng gamitin ang mga 'yon dahil hindi daw gumagana, kaya sa hagdan ako nagmula at ika-walo'ng floor pa ang kwarto ni Dein.

"Nagbrown out dito kanina dahil sa nangyari sa Sta.Rosa.." sagot niya kaya napailing naman ako. **"Where have you been? Kanina pa nanganak si Dein.."**

"A-Ano'ng oras? Ano'ng room si Dein!?"

"Room 818. 12:18am, si Doctora Arandia ang nagdeliver ng baby---"

"Sige, sige.. excited na ako'ng makita sila."

"Congrats, Doc!"

"Thank you!" pasigaw na sagot ko at saka mabilis na tumakbo papunta sa kwarto ni Dein.

Mabilis na hinanap ng mga mata ko ang kama niya at kasalukuyan siya'ng nakatalikod sa pintuan. Napatayo naman si Manang na siya'ng bantay ni Dein sa kwarto.

"Oh, Randall.. hijo?" parang inaantok pa'ng bulong sa'kin ni Manang.

"M-Manang, sige tulog ka na.."

"Sige, sige.. ayos lang.."

"Nasaan po sila?"

"Mmm, sina Lacey at Lohrton ay pinauwi ko na muna't gradwesiyon ni Deblor ngayon.."

"G-Ganon po ba?" nahihiya'ng tugon ko pa at saka maraha'ng lumapit sa side table na malapit sa kama'ng kinahihigaan ni Manang. Nasa isang

semi-private room si Dein kaya dalawa ang kama pero wala'ng kasama'ng pasyente sa kwarto kaya naman si Manang na lang ang umukupa nung isa'ng kama. **"Bakit po dito ang kwarto niyo?"**

"Aba e, nagkaubusan daw ng kwarto dahil sa dami ng pasyente."

"Mmm.. May dala po ako'ng pagkain, Manang. Kumain na po muna kayo."

"O sige, maige nga't kumakalam ang tiyan ko't hindi ko nagawa'ng kumain ng maigi kanina.." aniya pa saka nagtuloy sa paglapit sa mga pinamili ko.

Binuksan ko ang ilaw at doon lumingon si Dein.

Nangiti agad ako pagkakita ko ng bagong gising na mukha niya.

Ang ganda ng mapapang-asawa ko..

"Good morning, Honey.." malambing na bati ko pa sa kaniya.

"And what are you doing here?!"

Napahinto ako sa paglapit sa biglaa'ng pagtataray niya!

"H-Honey naman.." mababa ang tono'ng usal ko pa.

"Psh, sana hindi ka na dumating---"

"H-Hon.." tuluyan ako'ng lumapit sa kaniya. **"Honey, galing ako sa Sta. Rosa.."**

"Ano nama'ng ginawa mo doon?! Tawag ako ng tawag sa'yo kanina dahil walang magpapaanak sa'kin dito!" galit na singhal niya at kumunot naman ang noo ko.

"Wala?! Bakit??" gulat at taka'ng tanong ko, iniiwas naman niya ang mga mata niya.

"Napakarami'ng pasyente dito kaina! Hindi nga nila ako maasikaso! Hindi daw ako inuuna dahil ilang centimeters pa daw ang layo ng bata--at alam ko naman daw na nagta-triage sila ng mga pasyente kanina. Psh! H-Hindi ko naman magawa'ng magreklamo kasi kita'ng kita ko na andami talaga'ng pasyente--ultimo'ng sahig ay andami'ng pasyente! Pero ang sa'kin lang, bakit hindi pa ako dinala sa D.R.! Bakit kailanga'ng pagstay-in pa ako sa E.R. ng ganon katagal---"

"Hija, ano ba't high blood ka?" sabat ni Manang at napa-iling naman si Dein. **"Nagdala ng pagkain ang nobyo mo.. Hindi ka ba nagugutom?"**

"A-Ano 'yan, Manang?"

"Dinalhan kita ng cake, Hon.." nakangiti'ng sabat ko at inirapan naman niya ako.

"Sino nama'ng may sabi'ng cake ang gusto ko!?"

"H-Honey naman.. H-Hindi ka na buntis, bakit masungit ka pa rin?"

"Tse! Alam mo naman na isa sa mga pangarap ko ay 'yung makasama ka sa panganganak ko---pero nasaan ka?! Naglalamyerda sa Sta.Rosa!"

"H-Honey.." animo nagmamakaawa'ng suway ko pa sa kaniya. **"A-Ano'ng naglalamyerda naman? Tsk.. May aksidente sa Sta.Rosa kanina'ng bago maggabi. Isa ako sa mga pumunta sa area dahil marami daw talaga ang sugatan---may mga namatay pa nga. Si Maxwell lang ang nagsabi sa'kin kanina na dinala ka na nga dito, kasama ko rin siya don dahil eksakto'ng sa SIS Hospital ang duty niya ngayon."**

"T-Talaga??" nanlalaki ang mga mata'ng tanong niya at tumango naman ako. **"Baka doon rin galing 'yung mga dinala'ng pasyente dito kanina?"**

"Panigurado.. Kasi ay hindi rin kinaya ng SISH ang dami nila. Hon, more than 900 na tao ang sugatan at 102 ang namatay.." kwento ko at nanlaki ang mga mata niya.

"A-Ano'ng klase'ng aksidente ba naman 'yan?!" gulat na tanong niya.

"May nagpasabog ng bomba sa isang mini mart doon, may shootout pa daw na naganap---"

"What?!"

"Yes. Hindi ko na nga lang nagawa'ng magtanong tanong pa dahil excited na ako'ng pumunta dito." nanlulumo'ng kwento ko pa. **"And I'm so tired right now, Hon.. Ikaw lang ang makakapagpawala ng pagod ko.."** malungkot pa kunwari'ng dagdag ko.

"Tse!"

"H-Honey naman.."

"Dein, h'wag mo namang sungitan ang nobyo mo.." si Manang.

"Subuan mo ko!" sigaw pa sa'kin ni Dein at napangiti naman ako sa kaniya at saka dali-dali'ng tumayo at kumuha ng pagkain. Lumapit ako sa kanya at naupo sa mismo'ng harap niya. Dahan dahan siya'ng tumayo.

"Aaaahh.." sabi ko pa na nakangiti'ng ibinukha ang bibig ko.

"Hmp! Sige na, sumubo ka muna.."

Gulat ako'ng napatitig sa kaniya.

"Ang OA mo! Sumubo ka na! Alam ko'ng gutom ka rin.." dagdag niya pa at napangiti ako.

"S-Sige na, ikaw muna.."

"Kumain ka na.."

"Hon---" natigilan ako nung itaas niya ang kamay niya'ng naka-swero at napangiti naman ako.

"Sige na, kumain ka.." malambing ang tono'ng aniya pa kaya sumubo na rin ako at nagsimula'ng kumain. **"Mamaya ay dadalin na si Baby dito.. hintayin mo bago ka umuwi.."** nakangiti'ng aniya pa at tiningala ko naman siya.

"I'll stay here.. Babantayan ko kayo."

"Hindi na, pagod ka pa.."

"No, its okay.. 'Yung nakita lang kita parang gising na gising lahat sa'kin.."

"Psh!"

"Ano'ng pangalan niya, Hon??" excited na tanong ko.

"Ano'ng gusto mo'ng pangalan??" nakangiti ri'ng tanong niya at lumawak naman ang pagkakangiti ko.

"H-Hindi mo pa binigyan ng pangalan??"

"Hindi pa, gusto ko ay tayo'ng dalawa ang magdedecide.. Sa ngayon ay Baby Echavez ang pangalan na inilagay sa kaniya.." nakangiti'ng tugon niya at tumayo naman ako para halikan ang noo niya.

"I love you, Honey.."

DEIB'S POV

Eksakto'ng alas siete ay nagising na ako. Bumangon ako agad para maligo.

Alam ko'ng wala si Manang kaya naman nagulat ako nung makita'ng naka-ayos na ang mga damit na susuotin ko. Uminom ako ng tubig at saka lumapit sa mga 'yon.

Si Mommy siguro..

Nakangiti ako'ng lumabas ng kwarto ko at saka bumaba.

"Mommy?!" tawag ko pa at lumabas siya mula sa kusina.

"Good morning, handsome!" nakangiti'ng bati niya pa.

"Ikaw ang nag-ayos nung mga gamit ko?"

"Mmm, of course.. Gusto mo na ba'ng magbreakfast?" tanong niya pa pero naghain na. Naupo naman agad ako.

"H-Hindi ba kayo pupunta kay Noona?"

"Mamaya na after ng graduation mo---"

"Pero sino'ng kasama niya doon?"

"Tumawag siya ngayon lang at sinabi'ng nandoon na si Randall.."

Saan naman kaya nanggaling ang isang 'yon at wala don kagabi?! Tch!

"Here, kumain ka na." aniya pa.

"Buti hindi narumihan ang damit mo, Mommy. Angganda mo pa naman lalo." biro ko pa.

"Ashuuuu! Ikaw talaga! Ano'ng gusto mo'ng regalo??" nakangiti pa'ng tanong niya.

Si Taguro..

Ngumiti lang ako kay Mommy at hindi na sumagot.

Eksakto nama'ng bumaba si Daddy.

"Oh, nandito na pala ang Most Valuable *'Student'*!" ani Daddy. **"Good morning!"**

"Good morning!" sabay nami'ng bati ni Mommy.

"Are you excited, son?" tanong pa sa'kin ni Dad at tumango naman agad ako. **"This is it, handsome! Simula ng tagumpay! Congratulations.."** aniya pa at nag-apir kami.

Iba sa pakiramdam ang katotohana'ng magtatapos na ako at excited ako sa pagpasok bilang kolehiyo.

Nakakatuwa'ng panoorin ang pamilya mo'ng proud na proud sa'yo kahit pa medyo may bahid pa rin ng disappointment si Lolo at lalo na si Chairman.

Alam ko'ng maiintindihan rin nila ako.. Don't worry, one day.. I'll make you all proud of me..

Eksakto'ng alas otso nung marating namin ang BIS. Agad kami'ng dumeretso sa Gymnasium dahil doon gaganapin ang Graduation Ceremony. Sandamakmak na students ang bumati sa'kin pagkapasok ko pa lang at binati ko rin naman sila.

Alphabetically arranged ang mga upuan pero naiba kami nina Lee, Tob at Kim.

Mga nasa harapan kami'ng apat dahil pare-pareho kami'ng may speech mamaya.

Si Kim ang Valedictorian habang si Tob naman ang *SALUTATORIAN*. Kami'ng dalawa naman ni Lee ay kilala bilang mga apo ng ilan sa mga stockholders tulad na rin nina Kim at Tob kaya kami nakiupo sa harapan. Nasa stage naman pare-pareho ang parents namin.

Ilang minuto ang nakalipas at nagsimula na ang seremonyas.

Si Migz ang emcee tulad ng dati at nandoon rin ang mga kaibigan niya para panoorin at picture-an kami.

"Good morning, BIS!" malakas na sigaw ni Migz at nakangiti'ng iginala pa ang paningin niya sa lahat ng tao'ng nasa harapan niya. **"Graduation season is once again upon us! To all of today's graduates, let me congratulate you for studying hard and excelling in school."** panimula ni Migz at nakinig naman ang lahat sa kaniya.

"Congratulations, dre.." biglang bulong ni Tob kaya nilingon namin siya.

"Congrats.." bati ko rin.

"Ang gwapo mo ngayon ah?!"

"Tch! Dati na!" sabi ko at saka bumaling kay Lee. **"Congrats, dre.."**

"Mmm.. Congrats.. Congrats.." bati niya sa'min. Nakangiti'ng nakipagbatian rin kami kay Kim.

"Hindi ko ma-imagine na tapos na tayo sa high school.." malungkot na sabat ni Kim kaya taka kami'ng napatingin sa kaniya. **"Mamimiss ko kayo.."**

"Tsh.. Makakasama mo pa rin naman kami, hindi ka naman lilipat ng school, 'di ba??" si Lee.

"Oo nga, Kim. Dito rin naman kami magka-College.." si Tob.

"Pero iba pa rin 'yung nandito tayo.." malungkot pa ring sagot ni Kim.

"Masasanay ka rin n'yan, hindi mo naman naranasa'ng maging classmates kami, kaya.. okay lang 'yan.." sabat ko at nginiwian niya naman ako.

Napakarami ko'ng mamimiss sa lugar na 'to.. lalo na pagdating kay Taguro..

Napabuntong-hininga ako sa sarili ko'ng isipin at bumalik lang ako sa reyalidad nung magpalakpakan ang mga students kaya nakipalakpak na lang rin ako.

Nagsimula'ng magtawag para sa Processional.

♫ ♪ ***'Ten Ten Tenen Tenen. Ten Ten Tenen Tenen. Ten Ten Tenen Tenen. Ten Ten Tenen Tenen. Tenenen! Tenenen! Tenenen! Ten Ten Tenen Tenen. Ten Ten Tenen Tenen. Ten Ten Tenen Tenen. Tenenen! Tenenen! Tenenen!'*** ♪ ♫

Graduation song 'yan, 'wag ka'ng ano.

"Members of the 2000 Graduating Class!" sigaw pa ni Migz.

****PALAKPAKAN!****

"Our Third Honorable Mention---Mister Lee Roi Gozon!" muli'ng sigaw pa ni Migz at tumayo si Tob paakyat ng stage. **"Our High School Salutatorian---Mister Yakiro Tobi Yanai!"**

"Our High School Valedictorian, also receiving the Dean's Award---Miss Kimeniah Sirvey Gozon!" sigaw pa ni Migz at tumayo naman ako para alalayan si Kim tumayo at umakyat ng stage.

"Thanks, Deib.." nakangiti'ng bulong pa ni Kim sa'kin.

"Aaaahhh.."

"Ang sweet!"

"Uuuyyy!" panunukso ng mga nakakita.

PALAKPAKAN!

Ilang saglit pa bago ako tawagain.

"Our High School MVP with a Loyalty Award---Mister Deib Lohr Enrile!" sa wakas ay tinawag rin ang pangalan ko.

Nakangiti'ng tumayo ako at nagsimula ng magsigawan ang mga students.

"Kyaaa!"

"Ang gwapoooo!"

"WE LOVE YOU DEIB LOHR!" sabay sabay pa'ng sigaw nila at ngumiti na lang ako habang naglalakad papalapit sa stage.

Nakatayo na sa stage sila Mommy at Daddy katabi si Lolo kaya naman nakaramdam ako ng matindi'ng excitement habang papaakya doon.

"Congratulations, hijo."

"Congratulations, Mister Enrile."

"Congratulations, anak." sunod sunod pa'ng bati nila.

Kinamayan ko sila isa-isa at saka ako huminto sa harap ni Lolo at iniabot ang diploma ko.

"Congratulations." pormal na pormal ngunit bakas ang saya at tuwa'ng bati sa'kin ni Lolo.

"Thanks, Lolo.." nakangiti'ng bulong ko. Huminto pa kami para makuhanan ng picture.

Matagal bago natapos ang pagtatawag isa-isa ng mga students.

Nung matapos ang lahat mabigyan ng diploma ay saka tinawag ni Migz si Lolo.

PALAKPAKAN!

"I now confer upon you the status of *GRADUATE*! You may now move your tassels!" masaya'ng ani Lolo. Nakangiti'ng iginala niya pa ang paningin niya sa kabuuan ng mga gradutes.

PALAKPAKAN!

"For the conclusion of the ceremony, may we give another round of applause for the awardee of the Most Popular Face of the Campus--- Mister Deib Lohr Enrile!" sigaw ni Migz at salubong ang kilay na tumayo naman ako. Nagtawanan ang mga nandoon. **"Hehehe. Just kidding."** dinig na dinig pa ri'ng biro niya kahit malayo ang mic.

Siraulo..

Muli ako'ng tumayo para umakyat sa stage.

TOB'S POV

Umakyat si Deib sa stage at ngumiti, nagsimula ang walang humpay ang bulungan ng mga babae.

Panay ang papuri nila at talaga'ng kinikilig pa ang iba.

"Huhuhu! Isa talaga siya sa mga mamimiss ko!"

"Sana naging close friend natin si Deib bago pa man tayo magtapos."

"Iba talaga ang magkaron ng isang Deib Enrile sa school, parang araw araw ka'ng kikiligin."

"Si Lee ang mamimiss ko, 'yung pagiging hero niya.."

"Mamimiss ko rin ang malakas na tawa ni Tob na talaga'ng umaalulong sa buong hallway at floor!"

Natatawa'ng nagkatinginan pa kami ni Lee.

"Special mention na naman si loko.." pabiro'ng bulong pa ni Lee.

"Special child e, hahahaha!" tumatawa'ng sagot ko at natawa kami pareho bago muli'ng tumingin kay Deib.

Tumikhim si Deib dahilan para mas matuon ang atensyon ng lahat sa kaniya. Tumungo pa siya muna at saka nakangiti'ng tumingin sa amin.

"Good day!" panimulang bati niya. **"Dumating na ang araw na.. pinakahihintay nati'ng lahat.."** muli pa siya'ng ngumiti sa lahat. **"Alam ko'ng lahat kayo ay kilala ako hindi lang dahil.. gwapo ako--- hahahahaha!!"**

Loko talaga..

Nagkatinginan pa kami ni Lee saka sabay na napailing.

"Alam ko'ng marami rin sa inyo'ng badtrip sa'kin, dahil.. aminado naman ako'ng *'bully"* ako. Pero wala talaga ako'ng pinagsisisihan sa mga ginawa ko kasi marami rin ako'ng natutunan dito. Nakita ko ang mga mali ko, mga pagkukulang ko, kasalanan ko, kahinaan ko. Marami sa inyo ang alam ko, nagtataka kung bakit ganito ang ugali

ko---may iba pa'ng nanghihinayang kasi wala daw sa itsura ko, hahahahaha! May kasabihan nga tayo'ng *NOBODY IS PERFECT*. Mukha lang ako'ng perfect pero hindi ako perfect, hahahahaha!"

"Hahahahahaha!" nakitawa ang mga students sa biro niya.

"May mga hindi nakakaalam sa inyo na.. dati rin ako'ng biktima ng mga bullies nung nasa primary school ako.. Base don sa napag-aralan ko n-noon nung minsa'ng pinagpresent k-kami ng Dean natin---isa daw sa mga dahilan kung bakit nagiging bully ang isang bully ay dahil may history siya ng pagiging victim ng mga bullies. Kaya siguro ako naging ganito. H-Hehehehe." bumuntong-hininga pa siya. **"Mmm.. Maaari'ng huli na para sabihin ko 'to pero.. ang mahalaga sa'kin ngayon ay masabi ko.. Gusto ko'ng humingi ng SORRY sa lahat ng nasaktan ko noon hanggang ngayon, intensyon ko man o hindi.. SORRY.."** dagdag niya at nagpalakpakan ang nga students lalo na ang mga babae. **"Nagsisisi ako sa ginawa ko dahil.. alam ko'ng marami ako'ng nasaktan, lalo na sa mga girls. Karamihan naman sa inyo ay hindi na panigurado gugustohi'ng makasama pa uli ako sa Campus, hahaha! Pero don't worry, hindi ko na ulit gagawin 'yon."** mahaba'ng sabi niya pa.

"Nakalagay ba sa program ang pinagsasasabi n'yan??" natatawa'ng tanong ko pa kay Lee na binasa kunwari ang program guide na hawak namin.

"Oo, Deib Lohr's Drama Speech, hahahahahahaha!" sagot ni Lee at bumungisngis na naman kami saka tumingin kay Deib.

"Sa parents and family ko na hindi nagsawa'ng pangaralan ako, salamat. Sa mga classmates ko'ng nagboost ng self-confidence ko dahil araw-araw ako'ng sinasabihan ng gwapo, hehehe! Sa mga schoolmates ko'ng naging cheerers ko na rin. At lalo na sa mga bestfriends ko, na naging kapatid ko sa loob ng school na 'to, hindi ako pinabayaan.. SALAMAT ng marami sa inyo'ng lahat. Alam ko naman na nag-enjoy kayo'ng kasama ako kahit pa bully ako, hahahahaha!" malakas pa siya'ng tumawa. At saka bahagya'ng tumagilid pa para malakas na bumuntong-hininga na dinig rin naman dahil malakas ang mic.

"Okay, eto na ang pinakamatindi'ng drama.." mahina'ng bulong ko pa. Pilit na ngiti pa ang nailabas ko sa mukha ko.

"Ramdam mo na ba??" natatawa pa'ng bulong ni Lee.

"Ramdam ko na, dre. Nampucha, baka umuwi'ng luhaan na naman ang isa'ng 'to---"

"Ang iingay niyo!" malakas na bulong sa'min ni Kim.

"N-Nagkukwentuhan lang e.." nakanguso'ng bulong ko pa at saka kami palihim na bumungisngis ni Kim.

"Sa mga.. k-kaibigan ko na maiiwan ko dito, h-hehehe.." pilit pa siya'ng tumawa. **"Ganon yata talaga ang buhay.. may a-aalis pero.."** pilit na ngiti pa at isa'ng panibago'ng buntong-hininga.

"Best in Drama rin ang king ina.." bulong ko pa at siniko naman ako ni Kim.

"Sshh!" suway pa ni Kim.

"E si Taguro lang naman ang idinadrama n'yan!" pabulong na singhal ko pa kay Kim.

"..pero panigurado'ng may d-darating rin.." at isa pa'ng buntong-hininga mula kay Deib. **"Sabi nila, pinipili daw ng tao na umalis---hindi dahil makasarili siya. Alam lang talaga nila'ng lalala ang mga bagay bagay kapag nanatili sila---"**

"Tss.."

TUG!DUG!

TUG!DUG!

TUG!DUG!

Natigilan si Deib sa sinasabi niya pero napako ang paningin niya sa mic.

Dinig na dinig ko rin ang naging dahilan ng pagtigil niya sa pagsasalita at alam na alam ko kung sino 'yon.

TUG!DUG!

Nagkatinginan pa kami ni Lee at saka kami sabay na tumingin kay Deib!

Mula sa pagkakapako ng paningin niya sa mikropono'ng nasa harap niya ay dahan dahan niya'ng iniangat ang paningin niya!

Kakaiba'ng kaba ang naramdaman ko at animo'ng nagslow motion lahat sa paningin ko.

Huminto ang paggalaw ng ulo ni Deib at tumitig sa mismo'ng isle na siya'ng nasa pagitan ng mga rows na kinauupuan ng mga students.

Dahan dahan kami'ng napalingon sa tinitingnan ni Deib!

Nanlaki ang mga mata ko sa nakita ko!

MAX'S POV

"T-Taguro.." naiusal pa ni Sensui sa mismo'ng mikropono.

Nangibabaw ang katahimikan sa lugar na 'yon at pakiramdam ko ay dadala-dalawa kami'ng tao. Nagpapalitan sa pagitan namin ang paningin ng bawat tao.

Bahagya pa ako'ng natawa nung maalala ko ang dramatic lines niya.

Tsk tsk tsk..

Titig na titig siya sa mukha ko at bakas pa rin ang gulat sa mukha niya.

"Kung alam ko'ng hindi ka maghihintay, hindi na sana ako umalis nung simula pa." tipid ang ngiti'ng sambit ko at nanlaki ang mga mata niya. **"Bilisan mo d'yan, hihintayin kita dito."** utos ko at saka muli'ng tinalikuran siya. Humila ako ng upuan at naupo sa tabi ni Tob.

"Shakehands!" sigaw pa ni Tob sa'kin.

"Woop, congrats.. Congrats.." bati ko pa sa kanila at saka muli'ng nilingon si Sensui.

A-Ano pa'ng itinitingin tingin niyan?!

Bakas pa rin ang gulat sa mukha niya habang nakatingin sa'kin.

"A-Ah, Mister Enrile??" tawag-pansin ni Migz sa kaniya at animo'ng wala sa sarili'ng nilingon niya ito.

"T-Thank you.." wala sa sarili'ng pagtatapos ni Sensui at saka bumaba ng stage!

Nanatili'ng tahimik ang paligid pero nung magsimula siya'ng maglakad papalapit sa'kin ay nagsimula ring mangibabaw ang bulungan.

Kailangan talaga ay parati siya'ng may eksena..

Pagbigyan..

"Patay ka, Maxpein.." nananakot na bulong pa ni Tob sa'kin.

Wala'ng emosyo'ng naglakad papalapit sa'min si Sensui at nilingon ko naman ang mga tao'ng nandoon at nasa amin talaga ang paningin ng lahat.

Nagsimula'ng bumilis ang tibok ng puso ko nung huminto siya sa mismo'ng harap ko at wala man lang nagbago sa itsura ng mukha niya.

Napapahiya'ng lumingon pa muna ako sa magkabila'ng gilid ko at napapakagat-labi'ng tiningala si Sensui.

"M-Maupo ka muna." sabi ko pa na tumayo at inialok ang upuan sa kaniya.

Hindi nagbago ang blangko'ng mukha niya hanggang sa maupo siya doon.

"D-Doon na muna ako." paalam ko pa at saka tumalikod at..

"Dito ka lang." dinig ko'ng ani Deib at hinila ang kamay ko.

"Yiiiiieeeeeeeeeee!" pumalahaw sa panunukso ang lahat nung maraha'ng hilahin ni Sensui ang kamay ko.

"Hindi ka na pwede'ng umalis sa tabi ko." malungkot ang mga mata'ng aniya pa nung makaharap ako.

At muli'ng nagtuloy ang seremonyas.

~FLASHBACK~

Nakapikit na sininghap ko ang hangin mula sa labas, pagkababa'ng pagkababa ko ng sasakyan.

Gusto ko pa'ng ilapat ang magkabila'ng kamay ko para salubungin ang hangin na 'to.

Napakasarap sa pakiramdam..

Hindi ko maiwasan ang mapangiti.

Ilang segundo pa bago ako lumingon sa kaliwa ko at nakita ko ang isang simple'ng tahanan. Inilibot ko agad ang paningin ko sa kabuuan niyon.

Napakaganda'ng bahay.. maganda ang tanawin..

Animong nakakita ako ng sinaunang istilo tahanan munit bakas sa mga materyales na ginamit dito ang pagiging moderno.

Mukha'ng masarap tumira dito..

"Ito ang.. bahay na ibinigay sa amin ng Chairman.."

Hindi agad ako nakakilos sa narinig ko'ng salita.

Muli ko'ng inilibot ang paningin ko sa kabuuan ng bahay na 'yon.

"Areum daun jib.." mahina'ng tugon ko saka lumingon.

Translation: Beautiful house..

Nakangiti'ng nagtama ang paningin namin ni HEURT.

"It's been a while." dagdag ko pa at ngumiti rin siya.

"Welcome back." nakangiti pa'ng aniya at nakangiwi'ng tumango naman ako sa muli'ng nilingon ang bahay na 'yon.

Hindi ko rin maiwasang hindi mamangha sa maliliit na mga puno'ng nakapalibot doon. Ang mga nagliliparang maliliit na halaman. At ang nakakaakit na duyan sa silong ng punong-kahoy.

"Pinuntahan niya kami sa bahay namin at nakita niya ang lagay ng tahana'ng tinutuluyan namin." kwento niya ngunit nanatili ako'ng nakamasid sa bahay. **"Wala'ng nangyari'ng pilitan, sa totoo lang."** bahagya pa siya'ng natawa. **"Naisip ko'ng.. hindi lang naman 'to para sa akin at alam ko'ng maiintindihan ako ng Chairman kung isasama ko sila.."** marii'ng dagdag niya pa. **"Dinala ng Chairman ang Tatay nila Kev sa ospital at gayon na rin ang anak niya'ng si Dainty, para maipagamot.."** dagdag nya.

"Mmm.. Hindi mo man lang ba ako patutuluyin?" nakangisi'ng tanong ko pa at bahagya'ng natawa siya.

"Halika na muna't tumuloy tayo, para makapagpahinga ka na rin."

Inalalayan niya ako papasok at pinapangunahan ako sa daan.

"Simple pero.. nakakaakit ang bahay na 'to.." mahinang sambit ko na namamangha pa rin sa mga gamit na nasa loob.

"Dumating kami dito ng w-walang dala kahit ano.. Maliban sa mga suot namin ay sarili lamang namin ang tangi'ng mayron kami pagtungtong dito.. Ang lahat ng kasangkapa'ng nakikita mo ngayon ay.. galing na sa Lolo mo.." kwento niya at hindi ko naman siya pinansin.

Naglakad ako papunta sa dulo ng bahay na 'yun hanggang sa marating ko ang isang napakalaking veranda na nakatuon sa likod-bahay nila. Doon ko nasilayan ang mas malalaking puno. Ramdam ko naman ang naging pagsunod niya.

"Nasa Laguna pa ba tayo??" natatawa'ng tanong ko. Hindi niya agad ako sinagot at tumabi siya sakin. Pareho kami'ng nakahawak sa kahoy na hawakan na yun sa veranda.

"Mmm.. Laguna pa rin naman 'to.. Hindi rin naman 'to kalayuan sa lugar natin doon.."

"Hindi pa ko nakarating dito. Hindi ko alam na may ganito'ng lugar pala dito."

"Maraming lugar dito sa Laguna na hindi pa nararating ng mga taga-dito rin. Masyado'ng malaki ang Laguna para mapuntahan ng isang tao." sabi nya at saka bumuntong-hininga. Humarap siya sa'kin kaya naman nilingon ko siya. **"Gusto mo ba'ng dito tayo kumain?"** nakangiti'ng tanong nya. **"Dito sa Veranda."**

"Sige.." sagot ko at mas ngumiti siya.

"Maupo ka na muna riyan at ihahanda ko na ang kakainin natin.." sabi niya pa at saka umalis.

Naiwan ako'ng mag-isa at nakatitig sa bawat puno'ng nakikita ko.

Hintayin mo ko, magkikita na tayo..

Napangiti ako sa isipi'ng 'yon.

Wala ako'ng ibang maramdaman kung hindi kapayapaan sa dibdib ko.

Maya maya pa'y may narinig akong alingit kaya alam kong may paparating sa gawi ko.

Masyado'ng magaan ang paa niya.. bata ang isang 'to..

TOINK!*TOINK!

TINUSOK NIYA ANG PISNGI NG PWET KO!

Gulat akong napayuko sa gawi'ng kanan ko.

"Ate Taguro!"

SI BREE.

Pilit na ngiti ang naiganti ko sa kaniya bago pa man tuluya'ng humarap sa kaniya.

"Hi, Bree.." nakangiti'ng bati ko sa kan'ya.

"Dito ka na sa'min titira??" excited pa'ng tanong niya at mas ngumiti naman ako.

"Hindi." tipid na sagot ko at ngumuso naman agad siya.

"Aayyy.." malungkot na tugon niya. **"Akala ko dito ka na samin.."**

"Hindi ako pwede dito.."

"Bakit naman hindi?? Anak ka rin naman ng Nanay ko.. Edi magkapatid tayo.." tuwa'ng tuwa'ng sabi niya at natawa naman ako ng bahagya.

"Wala ka ba'ng pasok?? Bakit nandito ka??" tanong ko.

"Nakalimutan mo na ba, Ate Taguro?? Hindi na ako nag-aaral.."

"B-Bakit hindi ka mag-aral kung ganon??" tanong ko.

"Wala kasi kami'ng pera.. hahahahahahaha! Hindi naman kami sing-yaman niyo Ate.."

Hindi ako nakasagot.

Nakakamangha'ng tignan na sa lagay niya'ng 'yun ay nakukuha niya'ng ngumiti sa kabila ng nakakalungkot na katotohana'ng sinasabi niya.

Nung ako ang nasa edad niya ay takot na takot ako'ng hindi matutunan ang salita'ng Ingles dahil panigurado'ng pagagalitan ako ni Chairman.

Nawala ang isipi'ng ko'ng 'yun ng maagaw ang atensyon ko sa paglapit ni Heurt.

"Oh, Bree.. Sumabay ka na sami'ng kumain.." anyaya pa ni Heurt sa kaniya at saka inilapag sa pabilog na lamesita'ng nandoon ang tray na dala niya. **"Maupo ka na, Maxpein.."** nakangiting baling niya pa sa'kin. Sumabay naman sakin si Bree.

"Ate, bakit ngayon lang kita nakita?" bata'ng bata'ng tanong pa ni Bree at nangiti naman ako.

"Nasugatan kasi ako.. kailangan ko'ng magpagaling." simple'ng sagot ko.

"Magaling ka na po ba??"

"Mmm.."

"Bree, maya maya mo na tanongin ng tanongin ang Ate Maxpein mo, dahil aalis rin siya---"

"'Nay, Ate Taguro po ang tawag ko sa kaniya."

"A-Ayon nga.." natatawa pa'ng ani Heurt at nginitian ko naman siya.

"Kain na tayo?" yaya ko pa sa bata at saka kami nag simula'ng kumain.

"Inalam ko ang mga paborito mo'ng pagkain sa Kuya Maxwell mo. Kaya naman nung malaman ko'ng dadaan ka rito pagkarating mo ay nagluto na ako." nakangiti'ng ani Heurt habang pinapanood kami'ng kumain ni Bree.

"Kumain ka na rin." alok ko pa sa kaniya at nakangiti'ng nagsimula siya'ng kumain.

"Si Kev?" maya maya pa ay tanong ko at nagulat naman siya. Bakas sa mukha nya'ng biglang nailang sya.

"N-Naghahanap siya ng trabaho." pormal na tugon na lang ni Heurt at napatango naman ako.

"Bakit hindi siya mag-aral?"

"H-Hindi na siya tinanggap ng Luna."

"Mmm.." tipid na sagot ko.

"Ang totoo.. d-doon pa rin siya umuuwi sa bahay nami'ng luma. H-Hindi ka na ba galit sa kaniya?" tanong niya at tiningnan ko naman siya. Tumingin pa muna ako kay Bree bago sumagot.

"Kung ano man 'yung ginawa niya sa'kin noon at panigurado'ng may dahilan siya." pormal na tugon ko. **"Kung talaga'ng anak ang turing mo sa kaniya ay itira mo rin siya dito at saka mo siya turuan ng tama."** nakangiti'ng dagdga ko at bakas ang gulat sa mukha niya kaya mas ngumiti pa ako. **"'Yan ang turo sa'kin ni Mokz."**

Muli kami'ng nagtuloy sa pagkain at nung matapos ay agad ako'ng tumayo at pinanood siya'ng ayusin ang mga kalat na pagkain ni Bree.

"Bakit nga pala ito ang araw na napili mo?" tanong niya at kumunot naman ang noo ko at 'di nakasagot. Tiningala niya ako at nginitian. **"Ang tagal mo'ng nawala. Bakit ito ang araw na napili mo'ng bumalik?"** paglilinaw niya at nangiti naman ako.

"Ngayon ang graduation ni Sensui." tipid na sagot ko at nanlaki pa ang mga mata niya.

~END OF FLASHBACK~

"Go confidently in the direction of your dreams! Live the life you've imagined! Congratulations again, GRADUATES!" sigaw pa ni Migz at muli'ng nagsipagtayuan ang lahat.

****PALAKPAKAN!****

Nanatili ako'ng nakaupo at nakatingin sa toga ni Sensui habang nakatayo siya.

Nagsimula ng magsipag-alisan ang lahat at kami'ng lima'ng nasa unahan ang naiwan.

May mga nagpicpicture-an at karamihan ay nagbabatian.

"Hi Maxi!" bati sa'kin ni Mrs. Enrile at gulat ako'ng napatingin sa kaniya nung bigla niya ako'ng yakapin! Nakanguso na siya sa'kin nung kumalas siya mula sa yakap niya. **"Everyone was looking for you, where have you been??"** malungkot pa'ng dagdag niya. **"Tsk tsk tsk. Bad girl."**

Hindi ako nakasagot sa kaniya. Nangibabaw ang matindi'ng pagkapahiya sa kabuuan ko.

"Mauuna na muna kami sa inyo.." ani Mr. Enrile na tinapik pa ang balikat ko. **"Nice to see you again."** aniya at tinanguan ko naman siya. At saka siya bumaling kay Sensui. **"Pupuntahan na muna namin ang Ate mo."** paalam niya at tumango naman si Sensui sa kaniya at saka sila naglakad papaalis.

"Bakit ngayon ka lang?"

Gulat ako'ng napatingin kay Sensui sa tanong niya'ng 'yon.

Nakatingala lang ako sa kaniya at 'di nakapagsalita.

Nanatili'ng blangko ang emosyon ng mukha niya habang deretso'ng nakatingin sa'kin.

Wala sa sarili'ng napatayo ako ng ayos.

At hindi ko alam ang sasabihin ko.

Pare-pareho'ng nakatingin samin sina Lee, Tob at Kim. Hindi ako makakuha ng akma'ng sagot na pwede ko'ng ibigay sa kaniya. Naiilang ako at matindi'ng hiya ang nararamdaman ko. Bahagya na ring nanginginig ang dalawa'ng kamay pati na rin ang tuhod ko.

♪ ♫ **"Bakit ngayon ka lang??"** ♪ ♫

Gulat kami'ng napalingon kay Tob na bigla'ng kumanta!

♪ ♫ **"Bakit ngayon kung kailan ang.. aking puso'y.. mayron nang *'biyak'*.."** pag-iiba pa ni Tob sa liriko. ♫ ♪ **"Sana'y nalaman ko.. na darating ka sa graduation ko.. 'di sana'y, nagprepare ako---"**

"T-Tob, ano ba!" inis na pigil ni Sensui sa kaniya at napanguso naman si Tob. Tinapik pa 'to ni Lee.

"Tara na nga." bigla'ng yaya ni Lee sa kanila. **"Mauna na kami, magkita na lang tayo sa Graduation Ball mamaya."**

May ganon pa?!

Hindi na sumagot si Sensui sa kanila kaya naman nakipagtanguan na lang ako sa kanila at saka sila pinanood makaalis.

Nagulat pa ako nung ibalik ko ang paningin ko kay Sensui ay hindi niya pa rin inaalis ang paningin niya sakin!

"B-Bakit ngayon ka lang?" pag-uulit niya ng tanong niya at napailing naman agad ako.

N-Nakakatakot naman 'to..

Pero..

Ibig sabihin ay hinintay niya talaga ako..

Tumingin ako ng deretso sa kaniya at saka malakas na bumuntong-hininga.

"Uulitin ko---"

"K-Kanina lang kasi lumapag 'yung eroplano ko---"

"Tch." agad nama'ng singhal niya sa sagot ko. Tumingin lalo siya ng deretso sa'kin at nanatili'ng ganoon ang reaksyon niya. **"Edi sana nagpahinga ka na lang?"** malamig pa'ng dagdag niya at saglit naman ako'ng natigilan.

Napabuntong-hininga pa ako at tumingin sa paligid namin.

Para ako'ng kinakain ng kaba'ng nararamdaman ko.

Hindi gumagana ang yabang ko. Tsk

"Ang tagal mo'ng nawala.." bigla'ng sambit niya dahilan para mapako ang paningin ko sa lupa. **"Tapos ngayon ay babalik ka---at parang wala'ng nangyari.."** animo'ng natatawa pa'ng dagdag niya kaya napatingin na ako sa kaniya.

Nakangiti siya ngunit sarkastiko ang dating niyon.

Nakangiti siya ngunit iba ang sinasabi ng mga mata niya.

"E mas matagal ka pa'ng nawala kesa sa mga oras na nakasama kita, ah??" sarkastiko'ng tanong niya pa at nanatili naman ako'ng nakatingin sa kaniya. **"Iniwan mo ko ng *'wala'* maski isa'ng salita tapos ngayon ay magpapakita ka at kung utusan mo ko don kanina parang.. Wow.."** namamangha pa kunwari'ng aniya pa at mas natigilan naman ako. **"Ipapaalala ko lang.. baka kasi nagkakalimutan tayo dito e.."** nakangisi pa'ng aniya. **"*'Tao'* rin ako, nasasaktan rin.. lalo na at ang puso ko.."** tatangu-tango pa'ng dagdag niya. **"..ay 'di sing-tibay ng sa'yo.."** makahuluga'ng sambit pa niya.

Napabuntong-hininga ako at naiiwas ang paningin ko. Nangingibabaw ang matindi'ng hiya sa dibdib ko.

Hindi ko talaga alam ang isasagot ko. Naninibago ako. Nahihiya ako. Naiintindihan ko siya at tulad niya ay isa rin sa mga dahilan ng matindi'ng hiya'ng nararamdaman ko ay ang katotohana'ng umalis ako ng wala'ng paalam.

"At talaga'ng hindi ka pa nakuntento.. imbes na mag-*'sorry'* ka--- nag-*'grand entrance'* ka pa.." nakangisi'ng uli'ng dagdag niya. **"Wow.. Nice.."** aniya na maraha'ng pumalakpak pa at saka sumeryoso. Seryoso'ng seryoso. **"Sana ay may kakayanan ako'ng ibigay sa'yo 'yung sakit na nararamdaman ko, kahit sandali lang.. Hindi para saktan ka.. Kundi para maipaintindi ko sa'yo kung gaano kasakit maiwan ng isang tulad mo.."** nangingilid ang mga luha'ng dagdag niya at napatitig ako sa mga malulungkot na mga mata niya hanggang sa maramdaman ko ang pag-iinit ng sarili ko'ng mga mata. **"Y-You don't know h-how much it hurts.."** nagpipigil ng luha'ng aniya at saka tinalikuran ako.

Naglaro ang mga luha sa mga mata ko nung maiwan ako'ng nakanganga at nakapako ang mga paningin sa kanina'ng kinatatayuan niya.

Naninikip ang paghinga ko at nanlulumo ang mga tuhod ko.

Wala sa sarili'ng tumalikod rin ako at hinabol siya ng paningin ko pero..

NABIHAG AKO NG YAKAP NIYA.

Ramdam na ramdam ko ang higpit ng yakap niya at impit na hagulgol niya. Dahilan para kusa ring tumulo ang mga luha ko.

"Take time for yourself.. but please don't leave me that way again.." mahina'ng sambit niya dahilan para mas tumulo ang mga luha ko. **"A-Ang hirap hirap ng w-wala ka sa paningin ko, Taguro.."**

Napapikit ako at agad na iniyakap rin sa kaniya ang mga braso ko.

"I'm sorry.." mahina'ng usal ko.

Pero hindi na siya nagsalita.

Wala siya'ng sinambit maski isa'ng salita pero ramdam na ramdam ko ang pananabik sa yakap niya. Dati na siya'ng mahigpit kung yumakap sa'kin pero iba ang ang 'to. Pakiramdam ko ay hindi niya pa ako nayakap ng ganito kahigpit noon.

"'W-Wag mo na ulit gagawin sa'kin 'yun, ah??" mahina at batid ko'ng lumuluha'ng tanong niya. **"N-Naiintindihan kita pero.. 'wag mo na ulit gagawin sa'kin 'yung aalis ka at aasta'ng parang pati ako ay kailangan mo'ng pagtaguan.. h-hindi ko kaya Taguro.. Hindi ko na kakayanin.."**

Ang tono ng boses niya ay parang martilyo'ng pumupukpok sa tuhod ko. Nadadala pati ang emosyon ko.

DEIB'S POV

Hindi pa rin ako makapaniwala'ng nakita ko si Taguro.

Kung natutulog ako ay sapakin ako ngayon na..

Pero imposible..

"B-Bumalik na talaga siya.."

Sinulyapan ko pa ang pwesto kung saan nakapark ang kotse'ng gamit niya.

Napapikit ako kasabay ng paglunok.

K-Kababalik lang.. umalis na naman.. Tch..

Nagpaalam siya'ng may aasikasuhin lang at babalik rin agad.

Paano naman siya babalik? Tch.

Dumaan lang ako sa ospital upang kumustahin si Noona. Hindi ko rin nagawa'ng magkwento pero lahat sila ay alam na nakabalik na siya. Lahat sila ay gulat at excited sa kwento ko. Pero wala'ng lumabas na salita maski isa mula sa bibig ko.

Wala ako'ng maikukwento.. puro sakit na naramdaman ko lang ang naaalala ko..

Dumeretso ako sa bahay at wala'ng anu-ano'y nahiga sa kama.

Pakiramdam ko ay pagod na pagod ang isip at buong katawan ko. Maya maya pa'y nakatulog na ako.

~BRIZK! BRIZK!~

~BRIZK! BRIZK!~

Inis ako'ng kinuha ang cellphone ko sa bulsa ko dahil nagising ako sa vibrate nito!

"Hello!?" inis na sagot ko.

"Anak ng.. tulog ka pa?!"

"T-Tob.."

"Ano?! Nasaan ka na?!" tanong niya at bumangon naman ako at nagkusot ng mga mata.

"Kagigising ko lang---"

"Anak ng.. Kumilos ka na! Ano'ng oras na, oh!"

Napatingin ako sa relos na suot ko.

A-Alas otso na!

"S-Sige, bye!" sabi ko pa at binabaan siya ng linya!

Bumaba ako at wala'ng tao doon.

Nasa ospital pa siguro sila.

Dali dali ako'ng naligo at saka nag-ayos ng sarili. Nung matapos ako ay saka ko tinext si Mommy na papalis na ako. Pero matapos ko'ng magtext kay Mom..

Napatingin ako sa cellphone ko.

Wala pa rin ba siya'ng pakialam sa'kin?!

"Tch! Hindi man lang nagtext!" inis pa'ng singhal ko at saka mabilis na nagmaneho!

Nakakapanlumo.

Alam ko'ng nandito ka na pero hindi pa rin kita maramdaman!

Napabuntong-hininga ako at saka nagderetso sa quadrangle. Marami ng tao tulad ng inaasahan ko. Ano'ng oras na kaya panigurado'ng kanina pa rin sila nagsimula.

"Namputsa! Face of the Night!" bungad sa'kin ni Tob at 'di ko na siya pinansin. Dumeretso ako sa pag-upo sa pwesto nila'ng table. **"Oh, ano?! N-Nakapag-usap ba kayo ng ayos ni Max, ah?!"**

"Hindi." tipid na sagot ko at saka tinapik ang waiter na dumaan at kumuha ako ng wine na dala niya.

"B-Bakit??" gulat pa'ng tanong niya. Si Lee naman ay nakatingin rin sa'kin.

Inubos ko ang wine sa glass at saka bumuntong-hininga at pilit na ngumiti.

"May aasikasuhin pa daw siya e." pilit ang ngiti'ng sagot ko saka ko iniiwas ang paningin ko sa kanila.

Bakas ang panlulumo sa mukha nila'ng pareho pero hindi ko na pinansin pa 'yun. Itinuon ko ang paningin ko sa mga babae'ng nandoon sa gitna at magkakasama'ng sumasayaw.

Sana isa na lang siya sa inyo..

Naiinis ako na hindi ko maintindihan. Parang may kulang pa rin sa pagkatao ko at 'yung katotohana'ng nakita ko na siya, nakausap at nayakap pa ay hindi sapat! Pakiramdam ko ay wala pa rin siya! Hindi ko maramdama'ng nandito na siya!

Parang napakalayo mo pa rin, Taguro.. A-Ano'ng nangyari?

Nagsimula ang Party at hindi ko pinapakinggan ang emcee, hindi kasi siya sing-bibo ni Migz na kahit bad mood ka ay mapapatawa ka. Boring ang emcee na 'to na ka-batch ko.

"Hi, Deib!" boses ng isa'ng babae. Batid ko naman kung sino 'to kaya hindi na ako lumingon pa. Nagtuloy na lang ako sa pag-inom ng

panibago'ng wine na kinuha ko. **"I-Isayaw mo naman ako, oh.. H-Hindi na tayo magkakasama ng ganito kasi College---"**

Natigilan siya sa pagtayo ko at saka pilit na ngumiti sa harap niya.

"Sure, Liel." sagot ko at nagliwanag sa tuwa ang mukha niya.

Inilahad ko ang kamay ko sa kaniya at mabilis niya rin 'yong kinuha. Dinala ko siya sa gitna at agad na umugong ang mga bulung-bulungan.

"Grabe, g-ganito pala ang feeling kapag ikaw ang kasama.. L-Lahat, pag-uusapan ka.." nahihiya at namumula'ng aniya at napangiti naman ako.

"Talaga?"

"Mmm, ang s-sarap sa pakiramdam p-pero nakakailang rin.."

"Pero bakit hindi man lang siya naiilang??"

"H-Ha??"

Naiiwas ko ang paningin ko at naisip ang sinabi ko.

"W-Wala." sagot ko na lang.

"M-Mmm.. balita ko, nakabalik na si Maxpein??" tanong niya at natawa naman ako.

"Hindi mo ba nakita kanina?"

"N-Nakita ko." aniya at hindi na ako sumagot pa.

Hinintay ko'ng matapos ang buong kanta bago ko siya ihatid sa mesa nila. Matapos ni Liel ay nagkasunod sunod na ang mga babae'ng naglalakas-loob na lumapit sa'kin at *IISA* lang ang dahilan nila. HINDI KA NA NAMIN MAKAKASAMA.

Tch.. Bakit?! Mawawala ba ako!?

Isinayaw ko ang lahat ng lumapit sa'kin at maya maya lang ay nakaramdam na rin ako ng pagod.

"Balak mo ba'ng isayaw lahat ng babae ngayon, dre?!" sarkastiko'ng tanong ni Tob pagkabalik ko. **"Putsa, mas matagal pa ang itinatagal mo sa dance floor kesa sa maupo!"**

"Tch. Ang hirap tanggihan e."

"Bakit nga ba, pumapayag ka??" natatawa'ng tanong ni Lee at nagkibit-balikat naman ako.

"Ngayon lang e." sagot ko.

"Oo, at ako ay hindi mo man lang niyaya!"

Sabay sabay kami'ng napalingon kay KIM.

"K-Kim.." naiusal ko pa. Napakaganda niya sa suot niya. Binigyan niya kami ng matamis na ngiti at saka siya tuluya'ng lumapit samin. Tumayo ako at ibinigay sa kaniya ang upuan ko. **"You look good.."**

"Psh! *'Good'* lang!?" natatawa'ng singhal niya pa at nakitawa naman ako.

"Sige, perfect na lang.."

"'Yan! D'yan ako sanay! Hahahahaha! Joke!" biro niya pa at saka tumingin don sa dalawa. **"Isayaw niyo ako isa-isa mamaya, ah! Gusto ko'ng kainggitan ako ng lahat ng babae'ng nandito dahil isinayaw niyo ako! Hahahah!"**

"Oo ba!" si Tob. **"Gusto mo ay magbilug-bilugan pa tayo don, eh! Hahahahaha!"**

"Loko.." ani Lee. **"Isayaw mo muna si Kim, Deib. Maganda ang kanta, oh."**

"Oo nga naman, Deib?? Kararating ko lang e, na-late ako kasi may inasikaso pa ako. Yayain mo naman ako'ng sumayaw, kunyari hindi ko alam. Hahahaha!" biro naman ni Kim at natawa ako ng bahagya.

Tumayo ako at inayos ang coat ko.

Pumunta ako sa harap niya at inilahad ang kamay ko.

"Can we dance?" nakangiti'ng tanong ko.

"Yiiiieee! Hahah! My pleasure!" malambing na tugon ni Kim at saka iniabot ang kamay niya at inalalayan ko siya papunta sa dance floor.

Mas naging maugong ang kantiyawan at bulungan kaya naman bahagya pa kami'ng natawa ni Kim.

Now Playing: Officially Missing You by Tamia.

♫ ♪ "All I hear is raindrops, falling on the roof top. Oh, baby tell why'd you have to go? 'Cause this pain I feel it won't go away, and today.. I'm officially missin' you.. I thought that from this heartache I could escape, but But I fronted long enough to know.. There ain't no way.. And today, I'm officially missing you.." ♪ ♫

"Naalala ko pa rin 'yung unang beses na isayaw mo ko.." natatawa'ng ani Kim at nangiti ako habang nakatingin sa kaniya. **"Nanginginig ng sobra ang mga kamay mo, hahahaha!"**

"Tch."

"Totoo, hahaha! Hindi ko halos maramdaman 'yung nginig ng kamay ko kasi mas nanginginig ang kamay mo, hahahahaha!"

"Dahil ang ganda ganda mo non.. ikaw ang pinakamaganda'ng babae sa paningin ko nung oras na 'yon."

"Na hindi ngayon??" nakangiti ngunit makahuluga'ng tanong niya. Nangiti na lang ako. **"Yeah, hahahahahaha!"** tumawa pa muli siya.

"Naaalala ko pa'ng sabi mo.. *'AKO'* ang *'first love'* mo! Hahahaha! Uuuuyy!" panunukso niya pa.

"Loko ka, Kim.." natatawa ri'ng sagot ko.

"Pero aminin mo.. Ako ang first love mo, 'di ba?"

"Bakit??" nakangiti'ng tanong ko.

"Aminin mo muna!"

"Ayoko nga.." natatawa'ng sagot ko habang marahan ang pag-ikot namin.

"Psh! Ngayon lang e.."

"Tch, lahat na lang ng babae'ng lumapit sa'kin ngayon ay 'yan ang dahilan.. *'ngayon'* lang." natatawa pa ri'ng sagot ko.

"Oo nga, ngayon na lang naman talaga. Tapos na ang high school, Deib. At kung magkita man tayo ay may iba't-iba na tayo'ng mundo, hahaha! Kaya aminin mo na at 'wag mo'ng ibahin ang usapan! Ako ang first love mo, 'di ba? Yiiiee! Aamin na 'yan!"

"A-Ano ka ba, Kim. Hahah!"

"Uuuyyy, aamin na 'yan!"

"Oo na!" inis kunwari pero natatawa'ng sagot ko at humagalpak talaga siya sa tawa kaya natawa na rin ako.

"Yiiieee! Napakaswerte ko pa rin, alam mo ba 'yon?! Hahahaha! Ako ang first love ng isa'ng Deib Lohr Enrile! Ang pinakagwapo'ng Deib Lohr Enrile ng BIS Secondary Campus---"

"Tch! Oo at ako ang magiging pinakagwapo sa Tertiary Campus ng BIS next school year!" mayabang na sagot ko.

"'Yun e.. kung matatalo mo si Maxwell!? Hahahah!"

"Tch."

"Oh, bakit?! Gwapo si Maxwell! Hahahaha! Mas gwapo pa nga sa'yo!"

"Gwapo pa rin ako! Lamang nga lang siya, hahahaha!"

"Kita mo na, aminado ka rin!? Hahahaha!"

"Ganiyan naman kayo'ng mga babae e, ginagamit niyo ang mukha't katawan ko pero kinakalimutan niyo na ako kapag nakakita na kayo ng bago. Tch!" sumbat ko kunwari at humagalpak na naman siya ng tawa.

"Hahahahaha! Hindi bagay sa'yo!" aniya na tinapik pa ang braso ko. **"Pero grabe.. iba talaga sa pakiramdam na ako ang first love mo! Hindi man kita nakatuluyan, at least, may maipagmamalaki ako, hahaha! Ako ang first love ng isang Deib Lohr Enrile!"**

"Tch, ang O.A. mo! Hahahah! Dapat ba'ng ipagmalaki 'yun?!"

"Of course!"

"Tch, kalokohan. Hahaha!"

"Oo nga! Sabi kaya nila, *'FIRST LOVE NEVER DIES'*.. Oh! Hahahahaha!"

"Tch! Hindi ako naniniwala d'yan, hahaha!"

"Oh!? And why!?" taas ang kilay ngunit natatawa pa ri'ng tanong niya.

"Because *'true love'* can *BURY* it.." nakangiti'ng sagot ko at natigilan naman siya.

Hindi siya nakapagsalita manapa'y nakangiti'ng umiling-iling kaya bahagya'ng natawa ako.

"Oh my God.." natatawa pa'ng sambit niya. **"Iba talaga ang epekto ng isang Taguro sa'yo, hahahahaha!"**

"Tch.." natatawa ring singhal ko. Hindi ko malaman kung bakit pakiramdam ko ay unti-unti'ng gumagaan ang kanina'ng mabigat na pakiramdam ko.

Pakiramdam ko ay lumalapit ka na, Taguro..

"Ngayo'ng bumalik na siya, masaya ako'ng makita'ng nakakatawa ka na ulit.." nakangiti ngunit seryoso'ng aniya pa at nakangiti'ng iniiwas ko naman ang paningin ko sa kaniya. **"Be with who makes you happy, Deib.."** nakangiti'ng dagdag niya pa. **"She can make you happy."**

Ngumiti lang ako at hindi na umimik.

♫ ♪ ***"Well I though I thought I could just get over you baby.. But I see that's something I just can't do.. From the way you would hold me.. To the sweet things you told me.. I just can't find a way.. To let go of you.."*** ♪ ♫

"Maiintindihan ka niya kung galit ka, pero knowing Maxpein.. gagawa siya ng paraan para mawala ang galit mo.." nakangiti'ng dagdag niya at nangiti na lang rin ako at hindi na tuluya'ng nagsalita pa hanggang matapos ang kanta.

"Oh? Ang bilis niyo nama'ng natapos?!" tanong ni Tob pagkabalik namin.

"Tch, kanina pa ako sayaw ng sayaw don! Ikaw naman!" sagot ko sa kaniya at natawa naman kami.

Agad niya'ng niyaya si Kim at pumunta sila sa dance floor. Naiwan kami ni Lee na nakangiti'ng pinapanood.

"Ano ng plano mo?"

Napatingin ako kay Lee sa tanong niya'ng 'yon.

"A-Ano'ng plano?" tanong ko pa nung makarecover ako pero hindi siya nakatingin sa'kin. Nakangiti'ng nakatingin siya sa dancefloor pero nakatingin pa rin ako sa kaniya.

"Panigurado'ng nahihirapan rin si Max at hindi niya alam kung paano lalapit sa'yo, kaya ganon ang ginawa niya kanina.." nakangiti pa ri'ng tugon niya pero pakiramdam ko ay hindi ko naintindihan kaya naman hindi agad ako nakasagot sa kaniya. **"May mga hindi nagustohan ang ginawa niya'ng pagsingit sa gitna ng babakla-in mo'ng speech, hahahaha! Pero karamihan ay kinilig pa rin. Ah yeah, same old Deib and Maxpein love story, that everybody hates.."** natatawa'ng aniya saka tumingin sa'kin.

"Tch."

Ano ba'ng sinasabi niya! Tch!

"Panigurado'ng abala na 'yun kaiisip kung paano niya susuyuin ang boyfriend niya'ng mas babae pa kesa sa kaniya, hahaha--"

"Hoy, Lee! F-Foul ka na, ah." nakanguso'ng pigil ko sa kaniya at nginusuan niya rin ako.

"Oh, bakit?? Hahaha! Hindi ba't 'yun lang naman ang hinihintay mo!? Ang suyuin ka niya mismo?! Hahaa!"

"H-Hindi, ah!"

"Oh, e ano?!"

"A-Ano'ng ano!?"

"Bakit ganiyan ka pa rin!?"

"A-Ano ba?! Inaano ba kita?!" nakanguso'ng tanong ko at saka iniiwas ang tingin ko sa kaniya.

Hindi ko siya maintindihan! Nababaliw siguro siya dahil wala si Parrot sa paningin niya, tch!

"Ilang buwan mo'ng hinintay, iniyakan, kinabaliwan.. E buti nga tinanggap ka pa dito sa kabila ng kabaliwan mo, hahaha!"

"Manahimik ka na nga, h-hindi ko maintindihan ang mga pinagsasasabi mo. Humanap ka ng iba'ng trip mo, Gozon!"

"Hahaha! Ang ibig ko'ng sabihin e, ano pa'ng ginagawa mo dito?"

Taka ako'ng napatingin sa kaniya at ngingisi-ngisi naman siya'ng tiningnan ako pero hindi ako nakapagsalita.

"Hindi ba't hinahanap mo siya?? Hinihintay mo siya hanggang sa halos mabaliw ka na.. Ngayo'ng nandito na, bakit nandito ka pa??"

nakangiti ngunit seryoso'ng tanong niya at kumunot naman ang noo ko. **"Ang totoo ay hindi ko na inaasaha'ng makakarating ka pa dito, dahil mas inaasahan ko'ng mas gusto mo'ng makasama si Maxpein---"**

"M-May inaasikaso nga siya.."

"Magdamag??"

"Ewan ko."

"Bakit hindi mo tinanong?"

"Ayoko lang."

"Tsh." singhal niya at agad na nagsalubong ang kilay ko.

"What?!" inis pa'ng tanong ko.

"Hahahahaha! Nakakatuwa pa rin kayo."

"W-What?!"

"Dahil mukha'ng hindi niyo alam ang gagawin at sasabihin niyo sa isa't-isa."

"Manahimik ka na nga lang, Lee."

"Okay, hahahahaha!" aniya at saka tumawa na lang ng tumawa.

Salubong ang mga kilay na nanood na lang ako sa mga nandoon.

H-Hindi ko kailangan ang paliwanag mo, Taguro.. G-Gusto ko lang ipakita mo'ng bumalik ka para sa'kin. At sabihin mo'ng mahal mo ko..

OceanofPDF.com

CHAPTER 165

DEIB'S POV

Nung makabalik sila Tob ay si Lee naman ang nagsayaw kay Kim.

Ngingisi-ngisi na si Tob sa harap ko kahit hindi ako nakatingin sa kaniya kaya naman alam ko ng bubwelta na siya ng mga pang-aasar niya. Kaya naman tumayo ako at muli'ng kumuha ng wine.

"Nampucha, nakakailang baso ka na, ah?! Lasingan?!" nanlalaki ang mga mata'ng pang-aasar na naman ni Tob. **"Doon ka ulit sa TB! Maglasing ka at magkakanta mag-isa!"**

"Tch, korni mo, dre, hahaha!"

"Sus, ano ba'ng ikinagaganiyan mo? Ang saya saya nito'ng party, oh! Sinisira mo!"

"I-Inaano kita d'yan!? Bwisit ka!" sigaw ko sa kaniya!

"Daig mo pa ang uniform na lukot na lukot! Masama ang mukha mo! Hindi ka gwapo ngayon, dre! Hindi ka gwapo---"

"Manahimik ka nga, ang ingay mo! Pareho kayo ni Lee! Tch! Ano ba'ng gagawin ko?! Ano'ng gusto niyo'ng gawin ko!? Tch! Naisayaw ko na lahat ng babae'ng lumapit sa'kin, andami dami niyo pa ri'ng sinasabi---"

"Kasi hindi ka naman ganiyan! Nakita mo na't lahat si Maxpein e parang wala'ng nagbago sa'yo, hahahaha! Hindi ka man lang ba natuwa'ng nakita mo na ulit siya?!"

Sino'ng matutuwa e nilayasan ka agad! Tapos hindi ka man lang tinext! Tch! Parang nag-effort lang para daanan ako at magpasikat! Hindi madali 'yung sakit na pinagdaanan ko dahil sa kaniya, ah! Hindi biro 'yon!

"Galit ka ba sa kaniya??" tanong niya at nung lingunin ko siya ay seryoso na siya. Hindi ako nakasagot. **"Kasi kung galit ka sa kaniya ay maiintindihan ko ri---"**

"Hindi ako galit." pigil ko sa kaniya at nangiti naman siya. **"H-Hindi ko lang alam kung a-ano'ng mararamdaman ko."** sagot ko at natahimik na siya.

Ang tagal niya'ng nawala at hindi ako handa sa pagbabalik niya..

Ang tagal ko'ng naghintay pero.. hindi ko inaasaha'ng ganito ang magiging pagbalik niya.. H-Hindi ko inaasahan.. H-Hindi ko talaga alam kung ano'ng mararamdaman ko.

Nagpatuloy sa pagsayaw ang karamihan at nanatili ako'ng nakaupo.

Marami ang kumilos pero parang nakahinto lang ang paligid ko.

Kahit pa tingnan ko sila isa-isa ay hindi ko sila nakikita.

I-Isa lang naman ang gusto ko'ng sabihin mo.. siguraduhin mo lang sa'king mahal mo ko.. m-mawawala lahat ng sakit na nararamdaman ko, Taguro..

"Tara, Deib! Sayaw tayo!" bigla'ng yaya ni Kim kaya bumalik ako sa ulirat.

"H-Ha??"

"Sayaw tayo! Dali!" masaya'ng yaya niya at nangiti naman ako.

"S-Sige, hehehehe. Pagod na ako e."

"Ano ka ba! Dali na!"

"K-Kayo na lang, Kim. Dito na lang ako---"

"Nakatayo na ang lahat at sumasayaw, oh! Dali na!"

"H-Hindi na. Sige na, enjoy na lang." nakangiti'ng sagot ko at ngumuso naman siya kaya natawa ako. **"Hahahaha. Sige na.."**

"S-Sige na nga! Hmpt! Pero kapag naisipan mo'ng sumayaw.. lumapit ka sa'min, ah??"

"Sige.."

"Promise??"

"Y-Yeah, hehehe.."

"Yiiieee! Ang gwapo mo!"

"Tch.."

"Sayaw muna kami.." nakangiti'ng aniya pa at nakangiti'ng tinanguan ko naman siya.

Pinanood ko sila'ng pumunta sa gitna at masaya'ng sumayaw sa masaya'ng tugtugin rin.

Nakangiti ako'ng pinanood sila ng bigla'ng mapalitan ang kanta at dahan daha'ng nawala ang mga ngiti sa mukha ko.

TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!

Unti-unti ang naging pagbilis ng tibok ng puso ko at bawat ibibilis nito ay siya ring inilalakas nito.

Taguro..

Inilinga ko ang mga mata ko sa kaliwa at kanan.

Nandito ka ba, T-Taguro?

Pero wala ako'ng nakita'ng kakaiba.

Wala ako'ng nakita'ng espesyal.

Wala'ng nagbago sa paligid ko kundi ang kumpulan ng mga schoolmates ko'ng sumasayaw pa rin sa gitna ng dance floor.

♪ ♫ ***"Sometimes I run, sometimes I hide.. Sometimes I'm scared of you.. But all I really want is to hold you tight.. Treat you right.. Be with you day and night.. Baby all I need is time.. I don't wanna be so shy.. Every time that I'm alone I wonder why.. Hope that you will wait for me.. You'll see that you're the only one for me.. I wanna believe in everything that you say.. 'Cause it sounds so good.. But if you really want me, move slow.. There's things about me you just have to know.."*** ♪ ♫

Napatayo ako mula sa kinauupuan ko at mas iginala pa ang mga mata ko.

Hindi ko na lalo maipaliwanag ang nararamdaman ko.

Kinakabahan ako kahit wala naman ako'ng makita'ng dahilan para magkaganito ako.

♪ ♫ ***"Sometimes I run, sometimes I hide.. Sometimes I'm scared of you.. But all I really want is to hold you tight.. Treat you right.. Be with you day and night.. Baby all I need is time.. I don't wanna be so shy.. Every time that I'm alone I wonder why.. Hope that you will wait for me.. You'll see that you're the only one for me.. I wanna believe in everything that you say.. 'Cause it sounds so good.. But if you really want me, move slow.. There's things about me you just have to know.."*** ♪ ♫

Imposible'ng nagkataon lang ang k-kanta.. Ang tagal ko'ng hindi narinig 'yan.. B-Bakit b-bigla bigla nama'ng tinugtog??

♫ ♪ ***"Just hang around and you'll see, there's nowhere I'd rather be.. If you love me.. trust in me.. The way that I.. trust in you.."*** ♪ ♫

Bigla'ng lumakas ang kanta at kasabay niyon ay ang lalo'ng paglakas rin ng kabog ng dibdib ko.

Para ako'ng mababaliw kalilinga sa paligid ko'ng hindi ko naman alam kung nandoon si Taguro!

Wala ako'ng nakikita'ng tao maliban sa'kin na nandoon sa pwesto ng mga table dahil lahat halos sila ay nasa dance floor at tanging mga waiters, servers at school personnel lang ang nakikita ko'ng nakaupo at masyado'ng malayo sa'kin!

♪ ♫ ***"Sometimes I run, sometimes I hide.. Sometimes I'm scared of you.. But all I really want is to hold you tight.. Treat you right.. Be with***

you day and night.. Baby all I need is time.. I don't wanna be so shy.. Every time that I'm alone I wonder why.. Hope that you will wait for me.. You'll see that you're the only one for me.. I wanna believe in everything that you say.. 'Cause it sounds so good.. But if you really want me, move slow.. There's things about me you just have to know.." ♪ ♫

"Damn it!" inis na bulalas ko! Napaupo ako at napahilamos sa mukha ko!

Ano ba'ng nangyayari sa'yo, Deib?! W-Wala'ng kinalaman sa kaniya 'yung kanta! Nagkataon lang dahil uso 'yan ngayon kaya 'wag ka'ng tanga!

Gusto'ng tumulo ng mga luha ko dahil alam ko'ng meron sa loob loob ko'ng umaasa'ng makikita ko siya ngayon kahit na itanggi ko pa 'yon gamit ang bibig ko.

Kalooban ko na mismo ang nagsasabi sa'kin na umaasa ako'ng nandito ka ngayon, Taguro.. at sasabihin mo sa'king mahal mo ako..

"G-Gusto kita'ng makita.." mahina'ng bulong ko pa sa sarili ko habang pinipigilan ang emosyon at ang luha ko.

Pero natapos ang kanta..

Wala ako'ng nakita'ng Taguro.

Wala'ng espesyal na pangyayari.

Wala'ng mayabang na anino.

Wala'ng hambog na boses.

Wala'ng maangas na mukha.

Wala'ng grand entrance.

Wala'ng **TAGURO.**

"Oh?? Okay ka lang??" tanong pa ni Lee nung makabalik sila.

"A-Ayos lang.." pilit ang ngiti'ng tugon ko at saka ako tumayo at kumuha ng wine sa waiter na dumaan.

"Sometimes, words cannot explain the feeling of mind.." seryoso'ng sambit sa'kin nung waiter at napanganga naman ako.

"H-Ha?!" taka'ng tanong ko pero seryoso pa rin ang mukha'ng tinalikuran niya lang ako.

Hinabol ko pa siya ng tingin bago ako tuluya'ng maupo.

"Weird.." mahina pa'ng usal ko.

"Ang alin?" taka'ng tanong ni Lee.

"W-Wala.." iiling-iling na sagot ko at saka ininom ang wine na 'yun.

Maya maya pa..

"Gusto ko ng juice.." nakanguso'ng ani Kim at napatingin naman ako sa kaniya. Nilingon ko si Lee at may kausap siya sa cellphone at si Tob naman ay kumakain. **"Samahan mo ko'ng kumuha, Deib.."** nakangiti'ng yaya pa ni Kim at ngumiti na lang ako saka tumayo.

"Ako na. You stay here.."

"Thank you!" aniya at saka ako naglakad papunta sa table.

Pumili pa ako ng kulay ng juice na sa tingin ko ay magugustohan ni Kim pero sa sobra'ng dami ay hindi ako halos makapili.

"Excuse me, Brad?" tawag-pansin ko pa don sa waiter at humarap naman siya sa'kin. **"Pakidalhan naman kami sa table ng lahat ng klase ng juice?"**

"Yes, Sir."

Pagtalikod ko ay muntik ko pa'ng mabangga ang isa'ng waiter!

"S-Sorry." paumanhin ko.

"Love is not about how much you say *'I love you'*, but how much you can prove that it's true." seryoso'ng sabi nung waiter at gulat na naman ako'ng napatingin sa kaniya!

WTF??

Ano ba'ng nangyayari!

Nakaramdam ako ng inis!

Kaya naman nung asta'ng tatalikuran niya ako ay mabilis ko'ng tinapik ang braso niya dahilan para lingunin niya ako'ng muli!

"A-Ano ba'ng pinagsasasabi niyo?! Pangalawa ka na, ah?!" inis talaga'ng tanong ko.

"S-Sorry, Sir.. Napag-utusan lang.." takot na sagot nito.

"H-Ha?! Nino??" tanong ko pero nagkibit-balikat lang siya at asta'ng tatalikuran ako pero hinabol ko uli siya. **"Nino?!"** pag-uulit ko at takot siya'ng tumingin sa'kin.

"Yiiiieeeee! Hi, Deib!"

Gulat ako'ng napatingin sa gilid ko at nakawala ang waiter na 'yun na hawak ko!

Si Aenna, ang leader ng Dance Troupe.

Damn it!

"H-Hi.." pilit ang ngiti'ng sagot ko.

"A-Ah, g-gusto ko sana'ng makipagsayaw sa'yo.. k-kung okay lang??" tanong niya pa at napabuntong-hininga naman ako.

"S-Sige, saan ba ang table niyo? Susunduin na lang kita don."

"Yiiieeee! Kahit 'wag na! Ngayon na agad!"

"H-Ha??" napapanganga'ng tanong ko.

"Yiiieeee! Halika na!" yaya niya na bigla pa'ng hinila ang braso ko kaya naman nabitiwan ko ang wine glass ko at nagpakaladkad sa kaniya papunta sa dance floor!

Now Playing: Do You Really Want Me by Robyn

Masaya 'yung kanta kaya hindi ko alam kung hahawak ba ako sa bewang niya!

Nagkandalabu-labo ang kamay ko kung saan ko 'to ihahawak at agad rin ay nangibabaw ang tawanan ng mga nanonood sa'min!

"Hahaha!"

"Hahaha! Okay lang kahit magsayaw sayaw ka na sa harap ko, Deib! Hahahaha! Goooo!" sigaw pa ni Aenna at mukha naman ako'ng tanga'ng nagpa-***ALUG-ALOG*** sa harap niya!

Damn it, this is Bvllshit!!

"Bwahahahhaha!"

"Ang cute ni Deib!"

"Haha!"

Kamalas-malasa'ng tumapat pa sa'min ang *SPOTLIGHT!*

This is the most embarrassing moment of my life! Damn it!

Gusto ko'ng mabadtrip at mag-walk out!

"Woooohh!"

"Goooo, Deib!"

"Ang hot niya pa rin kahit mukha siya'ng tanga! My God!"

"Yeeeeeaahh!"

Mas naging malakas ang tawanan at hagalpakan nung mga nanonood sa'min!

I can't believe I'm doing this! Pakshet!

♪ ♫ "Do you really want me? Am I really special? Taking is so easy, boys, giving is unusual.. If you really want me don't make we wait too long.. Respect and love is the key just listen to my song.." ♪ ♫

"Wooooh! Ang gwapo mo, Deib!" sigaw pa ni Aenna sa'kin dahil hindi na kami magkarinigan dahil sa sobra'ng lakas ng kanta! **"Sige, sayaw pa! Goooo! Wooooh! Goooo, baby! Gooo!"**

Baby your face!

Nakakahiya! Badtrip!

"Bwahhaha! Naaaayyyy!!!!"

Paglingon ko sa kaliwa ko ay nakatayo na doon si Tob at tatawa-tawa'ng nakaturo pa sa'kin!

"Si Aenna pala ang gusto mo'ng kasayaw kaya ayaw mo sa'min, ah! Ang cool mo d'yan, dre! Hahahahaha!" pang-aasar niya pa at inis naman ako'ng nginusuan siya!

Tsk! Sana matapos na ang kanta! Peste!

♪ ♫ "Safe is how she wants to feel.. Protect her with all you've got.. Oh, she.. wants to know your love's for real.. And be a good lover make her hot.. Then she'll do everything love you day and night.. She'll do anything just do her right.. It's those little things that mean so much.. You gotta treat her right.. Or get out of her sight.." ♫ ♪

Bigla'ng nagpaikot-ikot si Aenna sa harap ko at lumayo ng nasa kalahating dipa sa'kin. Taka ako'ng napahinto sa pagsasayaw ko nung sumunod sa kaniya ay bigla'ng lumapit sina Jozh at Johara na siya'ng members niya at pumunta sa banda'ng likuran niya at nagsabay sabay sila ng saya sa iisa'ng steps!

"Woooh!"

"BISDT!"

"Kyaaah!"

"Mamimiss ko 'to!"

Nagsimula'ng pumalakpak ang tao kasabay ng pagsasayaw nila! At kada-ikot nila ay may dumadagdag na dance troupe member nila sa kanila hanggang sa makumpleto sila maliban sa isa!

Ano ba'ng ginagawa ng mga 'to?!

Kasabay ng steps nila ang pag-atras nila sa matao at madilim na parte na 'yon ng dance floor at humilera sila doon at saka nagyugyog yugyog!

Kadiri!

"Umalis ka na d'yan, dre! Hindi ka na daw kasali!" sigaw ni Tob at napaatras naman ako hanggang sa makatabi ko siya! **"Hahahahahaha! Ang galing!"**

"B-Bakit nagkaganon bigla?" taka'ng tanong ko.

♪ ♫ "Do you really want me? Am I really special? Taking is so easy, boys, giving is unusual.. If you really want me don't make we wait too long.. Respect and love is the key just listen to my song.. Girls, don't give up, give your best.. No part time job, no time to rest.. Let him know what's up before so he can give you more and more.." ♪ ♫

Bigla'ng huminto sa pagsasayaw ang mga dance troupe kasabay ng paghinto ng kanta!

"Amazing, dre, hahaha!" sabi pa ni Tob at paglingon ko ay namamangha'ng nakikinuod na rin sa amin sina Lee at Kim.

"Ano'ng meron?!" taka'ng tanong ni Kim at nagkibit-balikat naman si Tob.

"Mukha'ng may parating.." nakangiti'ng ani Lee na hindi man lang naalis sa mga dance troupe ang paningin.

Taka ako'ng nilingon pa si Lee bago lumingon ulit doon sa mga dance troupe.

Nagsipag-upuan sila na *PARANG WALA'NG NANGYARI!*

Ultimo'ng si Aenna na hinila ako papunta sa dancefloor ay sumalampak sa upuan niya ng wala'ng lingunan sa'kin!

A-Ano'ng..??

Animo'ng naging busy ang lahat at wala'ng ginawa!

King ina'ng kalokohan!

Inis ako'ng tumalikod at umasta'ng maglalakad na pabalik nung bigla'ng tumugtog na naman ang kanta!

Damn it, just continue walking!

Now Playing: 6, 8, 12 by Brian McKnight

♫ ♪ "In the middle of the night when you're awake, are you calling out for me? Do you ever reminisce? I can't believe I'm acting like this.. I know it's crazy.. How I still can feel you kiss.." ♫ ♪

Nagtuloy lang ako sa paglalakad.

♫ ♪ "It's been 6 months, 8 days, 12 hours, since you went away.. I miss you so much and I don't know what to say.. I should be over you, I should know better but it's just not the case.. It's been 6 months, 8 days, 12 hours, since you went away.." ♫ ♪

****TUG!*DUG!*TUG!*DUG!*TUG!*DUG!****

"S-Sapakin ako ngayon na.." mahina'ng mahina'ng usal ko pa.

Ilang beses pa ako'ng kumurap at halos kusut-kusutin ko na rin ang mga mata ko para makita kung tama ba ang nakikita ko.

Taguro..

Nakaupo siya sa mismo'ng upuan na kanina'y inuupuan ko.

Hindi ko magawa'ng pagmasdan ang kabuuan niya dahil hindi ko magawa'ng ialis ang paningin ko sa mukha niya.

Blangko ang mukha'ng nakatingin siya sa'kin dahilan para magkasunod sunod na naman ang paglunok ko!

Anak ng.. n-nakita ko naman na siya kanina! Pero b-bakit hindi ganito ang epekto sa'kin!'

Hindi ako nakakilos at hindi ko na rin naialis sa kaniya ang paningin ko.

Ultimo'ng ang ginawa niya'ng pagtayo ay hindi ako natinag!

W-What now, Deib!

Dahan dahan siya'ng naglakad papalapit sa'kin at bahagya pa'ng lumingon sa paligid namin bago tuluya'ng lumapit sa'kin at agad ko'ng naiyuko ang ulo ko!

H-Hindi ko na naman magawa'ng labanan ang mga tingin niya!

"Eeeeekkk! Si Maxpein!"

"Waaaaaa! Si Taguro!"

"A-Ano'ng ginagawa niya dito?!"

"OMG, ang ganda niya!"

"Grabe, bagay sa kaniya ang suot niya!"

Dinig na dinig ko ang papuri ng lahat pero aaminin ko'ng hindi ko nagawa'ng tingnan ang kabuuan niya!

"Kumusta?" bigla'ng tanong niya dahilan para iangat ko ang paningin ko sa kaniya at magtama ang paningin namin.

"A-Ayos naman." sagot ko.

"Bakit parang hinde?"

"A-Ayos lang ako.." pagmamatigas ko at muli ko'ng iniiwas ang tingin ko sa kaniya. **"A-Ano'ng ginagawa mo dito?"**

"Gusto kita'ng makita.."

Nabigla ako sa sagot niya pero hindi ako nagpahalata pa sa kaniya.

"N-Nakita mo na ako kanina, ah?" patanong na sagot ko.

"Oo nga." sagot niya at nilingon ko naman siya. **"Hindi na ba kita pwede'ng makita ulit??"**

"Graduation Ball 'to, at Party ng Seniors 'to.."

"Ahh.. edi aalis na pala ako?"

Hindi ako nakasagot.

"Sayang naman 'tong suot ko kung ganon.." dagdag niya pa at saka ko palang pasimple'ng natingnan ang kabuan niya!

Itim na simple'ng dress ang suot niya.

Mataas ang sapatos niya dahilan para magpantay ng bahagya ang paningin namin.

Nakaladlad ang buhok niya na pino'ng pino'ng straight.

Nagbigay lalo ng ganda sa kaniya ang kwintas na suot niya.

Pinigilan ko'ng bumuka ang bibig ko at hindi ko rin ipinakita sa kaniya ang pagkamangha ko. Pilit ako'ng tumingin ng deretso sa mga mata niya at nilabanan ang mga titig niya.

"M-Maganda ang suot mo.." papuri ko at ngumiwi naman siya.

"Mmm, salamat." sagot niya at saka tiningnan pa ang kabuuan niya. **"Gusto mo??"**

"A-Ano?!" inis na tanong ko at nakagat niya pa ang labi niya sa sobra'ng pagpipigil ng tawa! Pero hindi ko man lang nagawa'ng mahawa sa tawa niya dahil nababadtrip ako!

"Biro lang.." bigla'ng bawi niya at agad ko'ng iniiwas ang tingin ko sa kaniya!

"Tch.." singhal ko at saka tinalikuran siya at naupo.

Badtrip!

Hindi ko talaga nagugustohan ang ginagawa niya!

Ang inaasahan ko ay, SORRY at I LOVE YOU! Nasabi mo na 'yung SORRY kanina! Mag-I LOVE YOU ka na lang! Kahit wala ng I MISS YOU! Peste! Manhid!

Ang tagal tagal niya'ng nawala! Hindi man lang ba niya nabago 'yung pagkatao niya! Tsk! Nakakainis!

"Hi, Maxpein.." dinig ko'ng tawag ni Lee dahilan para maiangat ko sa kanila ang paningin ko at palihim na sumulyap sulyap.

"Wooooah! Max! Hindi kita nakilala!" si Tob.

"Mmm, kumusta?" si Taguro.

"Ayos naman, hehehehehehe! Gwapo pa rin at sanay na! Ikaw ang kumusta! Ang laki ng ipinagbago mo, ah!?" si Tob.

"Mmm, ang laki rin ng nagastos ko e!" pabiro'ng sagot sa kaniya ni Taguro.

"Hahahahaha! Pero ang ganda mo, sobra'ng ganda mo.." papuri pa ni Tob at iniiwas ko naman ang paningin ko.

"Mmm, sobra'ng ganda mo ngayon, Max.." sang-ayon pa sa kaniya ni Lee. **"Baka pwede kita'ng mai-*SAYAW*??"** pagdidiin niya pa at agad ako'ng napatingin sa kanila!

Badtrip! Kung talaga'ng mahal niya ako ay ako ang una niya'ng isasayaw!

Alangan nama'ng yayain niya ako??

Tch! 'Yung mga babae nga kanina ay ako mismo ang niyaya! Kaya niya rin 'yon! Unless... hindi niya na ako mahal..

"'Yung mga ganito kagaganda'ng babae ay karapat-dapat isayaw.." batid ko'ng pagpaparinig ni Lee dahil tinatamaan ako! **"Wala naman si Zarnaih e, iisipin ko na lang na ikaw ang girlfriend ko.."**

Nagulat ako sa sinabi ni Lee pero hindi pa rin ako nagpatinag! Nakatalikod sa'kin si Taguro kaya hindi niya nakikita ang mga reaksyon ko!

Sige! Pumayag ka pa! Peste talaga!

Hindi ako nagseselos!

Mamatay ka man, hindi talaga ako nagseselos.

Pero..

Gusto ko'ng ako lang.. ako lang lagi!

"Gusto ko rin sumayaw.."

Gulat ako'ng napatayo at napatingin sa likuran ni Taguro nung sabihin niya ang huli'ng linya'ng 'yon! Gulat na napatingin sa'kin sila Lee at Tob pero hindi ako nilingon ni Taguro!

Siraulo talaga 'to!

"Pero.. hindi ako kumportable sa sapatos na suot ko k-kaya.." niyukuan niya pa ng tingin ang high heels na 'yon na suot niya na ultimo'ng kami ay napatingin pa don. **"..'yung ipinunta ko lang dito ang gusto ko'ng isayaw hanggang sa mabali 'tong nakakamatay na heels na 'to."**

Ako ba 'yung tinutukoy niya?

Napatingin ako sa likuran niya at nung bigla siya'ng lumingin sa'kin ay agad ako'ng naupo!

Iniiwas ko ang paningin ko nung maramdaman ko ang titig niya.

"W-Wala ako'ng gana'ng sumayaw. Pagod na ako at.. m-marami na masiyado'ng *babae ng* naisayaw kanina.. k-kaya.. h-hindi ko na talaga kaya.." pagsisinungaling ko habang nasa malayo ang paningin ko.

Nung hindi ko maramdaman ang sagot niya ay saka ako dahan daha'ng nilingon sila at napapikit ako habang bumubuntong-hininga!

Hindi sila nakatingin sa'kin!

Mga abala sila'ng nagtatawanan na tatlo!

Peste! Hindi niya narinig ang sinabi ko!

"Maxpein!" dinig ko ang tawag ng isa'ng lalaki sa kanila dahilan para mawala ako sa pag-iisip at lumingon sa gawi nito.

Tch! Si Harlong!

"Woop, Harlon.." bati ni Taguro sa kaniya.

"W-Where have you been??" tanong pa nito sa kaniya.

"A-Ah, may inasikaso lang.."

"Hindi mo nasabi sa'kin kanina na pupunta ka pala dito??"

N-Nagkita sila kanina?!

Kumuyumos ang dalawa'ng kamay ko habang nagpipigil ng inis na tiningnan sila!

"Mmm, hindi ko nabanggit, hehehe.." sagot ni Taguro at tumango-tango naman si Harlong.

"Mmm, p-pwede ba kita yayai'ng sumayaw??" animo'ng nahihiya pa'ng tanong ni Halong sa kaniya!

HINDE!

"Oo naman.."

B-Bakit d'yan ay pumayag siya at kay Lee ay hindi!? A-Akala ko ba ay a-ako lang ang isasayaw niya!

P-Pero wala siya'ng sinabi'ng IKAW lang ang isasayaw niya! Wala siya'ng tinukoy na IKAW!

"K-Kung ganon.. pwede na ba kita'ng isayaw ngayon??" tanong pa ni Harlong at gulat ako'ng napatingin kay Taguro nung lingunin niya ako!

A-Ano'ng itinitingin tingin mo d'yan!? Pumayag ka na, 'di ba?! Edi bahala ka'ng makipagsayaw sa kaniya!

Iniiwas ko ang paningin ko sa kaniya!

"D-Deib.." dinig ko'ng tawag ni Taguro sa'kin kaya naman blangko ang mukha'ng nilingon ko siya.

"Mm?" tugon ko.

"Gusto daw ako'ng isayaw ni Harlon---"

"Edi sumayaw kayo." pilit ang ngiti'ng tugon ko at saka ko iniiwas ang paningin ko.

Nang wala'ng anu-ano'y naglakad nga sila papunta sa dance floor!

Damn, this girl!

"H-Hoy! Loko ka, a-ano'ng ginagawa mo?!" si Tob. Hindi ko siya pinansin at tumungga lang ako nung wine ko.

"Deib?" si Lee.

"What?" pormal na tanong ko lang sa kanila. **"It's obvious that she's here for you, what are you doing?!"**

"May dapat ba ako'ng gawin??" maang-maanga'ng tanong ko at natigilan sila kaya bumuntong-hininga na lang ako. **"Gusto'ng sumayaw**

nung tao.. kaya pagbigyan niyo na. Nakailang sayaw nga tayo ng libre kanina e.." dagdag sagot ko pa at tumingin lang sila ng deretso sa'kin.

Pilit ko'ng hindi pinanood si Taguro at 'yung Harlong niya na magsasayaw doon sa dance floor.

Pilit ko ri'ng hindi inisip 'yung itsura niya.

At lalo pilit ko'ng nilalabanan ang nararamdaman ko.

Pero hindi pa man nangangalahati ang kanta ay inihatid na ni Harlon si Taguro sa amin! Agad ako'ng umayos sa pagkakaupo ko at umasta'ng wala na nama'ng pakialam.

"Oh? Bakit ang bilis naman?" tanong ni Lee.

"H-Hindi yata sanay si Maxpein sa pambabae'ng sandals.." natatawa'ng sagot ni Harlong at iniiwas ko naman sa kaniya ang paningin ko.

Iniupo niya si Taguro sa tabi ko at nagpasalamat naman si Taguro sa kaniya!

Pero ang hindi ko kinaya ay ang sumunod na nangyari!

NAUPO SI HARLONG SA MISMO'NG HARAP NI TAGURO!

W-What the heck!

Kinuha niya ang paa ni Taguro at tiningnan 'yon!

"Asan ang masakit?" tanong pa ni Harlong at inis ako'ng nilingon si Taguro!

Parang wala siya'ng pakialam at bahagya'ng nakangiti pa habang nakatingin kay Harlon!

Kailan pa siya pumayag magpalandi ng ganiyan! Tsk!

"H-Hoy!" sigaw ko sa kaniya at gulat sila'ng nilingon ako! Lalo na si Harlong!

"D-Deib.." gulat pa'ng tawag ni Harlong at inis ako'ng tiningnan si Taguro pero wala sa'kin ang paningin niya!

Ibinaba ni Harlong ang paa ni Taguro at saka kikibut-kibot na tumayo kaya tumayo rin ako sa harap niya!

"Hindi na uso si Snow White kaya 'wag ka'ng magpaka-Prinsipe d'yan!" sigaw ko kay Harlong at gulat naman siya'ng tumingin sa'kin. **"Umalis ka na dito."** marahan pa ri'ng pakiusap ko.

"S-Sorry, a-akala ko kasi---"

"'Wag ka ng sumagot, umalis ka na lang!" sigaw ko pa sa kaniya at mabilis naman siya'ng sumunod!

Inis ako'ng tumingin kay Taguro!

"Tch! S-Sino ba kasi'ng may sabi sa'yo'ng magganyan ka'ng sapatos?!" inis na tanong ko pero tumingin lang siya sa'kin.

"Deib.." bigla'ng tawag sa'kin ni Tob!

"Ano!" singhal ko sa kaniya.

"S-Si Cinderella 'yung sinusuotan ng sapatos, d-dre.."

Ano ba'ng sinabi ko?

Napaisip pa ako bago muli'ng tumingin sa kaniya.

"W-Wala ako'ng pakialam!" sagot ko kay Tob. Pigil ang tawa nila ni Lee na tumayo bigla at magkaakbay na pumunta sa dance floor.

Saglit na katahimikan ang nangibabaw sa pagitan namin ni Taguro kaya naman panay ang palihim na tingin ko sa kaniya kaya naman ako rin ang hindi nakatiis.

"A-Alin ba kasi ang masakit?" inis pa ri'ng tanong ko at saka ako naupo sa harap niya at kinuha ang paa niya. Deretso siya'ng nakatitig sa'kin at tumingin rin ako sa kaniya. **"A-Alin dito ang masakit?"** tanong ko na kinuha ang kaliwa'ng paa niya.

Hindi siya sumagot at tumitig lang sa'kin.

Simple'ng titig lang 'yon.

Hindi masama.

Hindi blangko.

Hindi nakakatakot.

Simple'ng titig lang na miss na miss ko.

"H-Huhubarin ko ang sapatos mo, b-baka kasi napilay ka---"

"Ayos lang ako.." sagot niya na hinila ang paa niya at isinuot ang sapatos niya. Pinanood ko siya'ng maisuot ng ayos 'yon at saka ako tumayo at muli'ng iniiwas ang paningin ko sa kaniya.

Tumayo rin siya at pumunta sa harap ko. Dinig ko pa ang pagbuntong-hininga niya.

"U-Uuwi na lang ako.." sambit niya at gulat ako'ng nilingon siya.

"H-Ha?"

"Uuwi na lang ako.." pag-uulit niya at napalunok naman ako. Nilingon niya ako nagtama na naman ang mga paningin namin. **"Ayaw mo yata ako dito e.."** dagdag niya pero hindi ako nakasagot at iniiwas muli ang tingin ko sa kaniya.

"I-Ikaw ang bahala.." naisagot ko sa kaniya.

Bakit ba kasi h-hindi man lang niya ako kausapin muna! H-Hindi naman ako mahirap kausap! Lahat na lang idinadaan niya sa shortcut! Tsk!

"Sige, enjoy ka.." sabi niya at saka nagtuloy na sa paglalakad.

Pilit ko'ng hindi siya hinabol ng tingin at itinuon ko na lang ang paningin ko sa lupa'ng kinatatayuan ko!

Damn it!

Napahilamos ako sa mukha ko hanggang sa namalayan ko na lang ay hinahabol ko na siya!

"M-Maxpein.." wala sa sarili'ng usal ko pero hindi siya huminto bagaman batid ko'ng dinig niya ako. **"T-Taguro.."** tawag ko pero nagtuloy pa rin siya hanggang sa umabot na siya sa bukana ng pathway papunta'ng parking lot kung saan kakaunti'ng liwanag na lang ang mayron! **"M-Maxpein!"** tawag ko sa kaniya pero hindi pa rin siya huminto kaya sa inis ko ay nagpaumuna na ako sa kaniya! **"A-Ano ba!"** singhal ko at tumingin siya sa mga mata ko. **"I-Ilang beses pa ba kita'ng tatawagin?!"** inis na tanong ko. **"A-Ako pa ba ang maghahabol sa'yo?!"**

Tumingin lang siya sa'kin at hindi pa rin nagsalita!

Bakit ba parang siya pa ang may gana'ng magalit! Ako na naman ng ako ang mali! Badtrip!

"I-Ihahatid na kita.." mahina'ng usal ko pero wala sa kaniya ang paningin ko.

"Kaya ko'ng umuwi mag-isa.. Magtataxi na lang ako.."

"Alam ko, pero mas gusto ko'ng ihatid ka.. H-Hindi maganda'ng umuwi ka mag-isa, late na.."

"Tss, ako pa ba??"

Mmm, mayabang nga pala siya at mas kaya'ng protektahan ang sarili kesa sa'kin..

"Ayos lang ako, mag-enjoy ka na lang muna dito---"

"Kausapin mo ko.." pigil ko sa kaniya pero sa oras na 'to ay nakatingin na ako sa mga mata niya.

"Kinakausap na kita.." pamimilosopo niya pa kaya mas nagpanting ang tenga ko!

"A-Ano ba'ng nangyayari sa'yo?!" inis na talaga'ng tanong ko. **"A-Ako pa ba ang magpapakababa sa'yo!?"**

"Nagsorry na ako, 'di ba?!"

"HA!" hindi makapaniwala'ng singhal ko! **"Sa tingin mo sapat na 'yon?? Ang makapagsorry ka sa'kin matapos nung ginawa mo?!"** galit talaga'ng tanong ko.

"Tss.. sinusubukan naman kita'ng suyuin kaso parang ayaw mo.. Sayang lang ang effort ko, uuwi na lang ako." nilampasan niya ako at naglakad dere-deretso!

Nice! Ako pa pala ang susuyo sa kaniya! WOW!

Inis ako'ng hinabol siya hanggang sa makarating kami sa Parking Lot!

Pero nung asta'ng lalampasan niya ang parking lot ay mabilis ko'ng hinila ang braso niya.

"B-Bitiwan mo ko!" sigaw niya pero hindi ko siya pinansin.

Hinila ko lang siya at sapilita'ng pinasakay sa kotse ko! **"Sakay.."** utos ko pa. Tiningnan ko pa kung kikilos siya habang naglalakad ako papunta'ng driver's seat pero bukot sa matindi'ng pagkakakunot ng noo niya ay wala ng iba'ng nagbago sa kaniya.

"Kaya ko'ng umuwi mag-isa---"

"Pauuwiin kita'ng mag-isa, kausapin mo muna ako." pigil ko sa kaniya at hindi na siya nagsalita. Hindi rin siya tumingin sa'kin. **"Tumingin ka sa'kin."** utos ko at hindi parin siya lumingon sa'kin. **"Tumingin ka sa'kin, Maxpein!"**

Nilingon niya ako at ayun na naman 'yung nakakatakot niya'ng tingin. Ang tingin niya na una ko'ng kinainisan ngunit minahal rin kalaunan.

"B-Bakit ka ganiyan?!" hindi makapaniwala'ng tanong ko. **"A-Ako pa ba ang maghahabol sa'yo??"**

"Ahh, so, gusto mo'ng habulin kita?!" sarkastiko'ng tanong niya.

"Wala ako'ng sinabi'ng ganon!"

"Wala rin ako'ng sinabi'ng habulin mo ko!"

Napabuntong-hininga ako at pilit na nilabanan ang tingin niya.

"B-Bakit ka nandito?!" tanong ko.

"Gusto nga kita'ng makita, nung makita kita---daig mo pa yelo!"

"A-Ano??"

"Tss.."

"Naiinis kasi ako sa'yo!" pagdidiin ko pa at napatitig naman siya sa'kin at hindi nakasagot. **"Tch! Nagsorry ka nga pero hindi ka sincere!"**

"A-Ano'ng hindi sincere?! Ha!" singhal niya!

"Oh, e bakit ka ganyan ngayon?! Kakasorry mo lang sa'kin kanina'ng umaga, ah! Tapos ngayon sinisigawan mo na agad ako! H-Hindi lang 'yung *'SORRY'* mo ang inaasahan ko'ng maririnig ko sa'yo! Dahil hindi lang 'yon ang dapat na sabihin mo!" panunumbat ko!

"Oh, e ano'ng gusto mo'ng gawin ko!? Luhuran kita!?"

"H-Hindi!"

"Tss.."

"'Y-Yan lang ba talaga ang ipinunta mo dito??" pigil ang inis na tanong ko.

"G-Gusto ko'ng magkaayos tayo.. pero parang ang mangyayari ay ikaw naman ang iiwas sa'kin at ako naman ang mali tapos.. Tss.. paulit-ulit na lang.." animo'ng nagsasawa talaga'ng sagot niya kaya natigilan ako.

Hindi ako makapaniwala sa iniaasta niya.

Abnormal talaga siya kahit kailan!

Tumingin siya ng deretso sa mga mata ko at inis naman ako'ng tiningnan rin siya!

"N-Nalimutan mo na ba ako??" tanong niya at kumunot naman ang noo ko! **"Tss, sige ayos lang. M-Maiintindihan ko. Sige na, aalis na ko---"**

"Saan ka pupunta?!" pigil ko sa kaniya nung asta'ng bababa na!

"Uuwi na!"

"Ihahatid nga kita!"

"Ayoko!" sigaw niya at saka hinila ang braso niya'ng hawak ko.

Kapal ng mukha neto! Iniwan-iwan ako tapos siya pa ang galit! Buraot!

"A-Ano ba'ng nangyayari sa'yo?! Pinapanguhan mo ang galit ko, ah!" inis na sumbat ko. **"I-Imbes na ako ang magalit sa'yo ay inuunahan mo ko! Hindi ka man lang ba magpapaliwanag kung bakit mo ko iniwan?! Ano?! Sorry sorry na lang!? 'Yun lang talaga ang sasabihin mo at inaasahan mo'ng makakalimutan ko na lahat?!"** inis at derederetso'ng tanong ko at hindi siya nakasagot. **"Buwan ka'ng nawala, Taguro.."** nakangiti ngunit galit na dagdag ko. **"Hindi ka lang isa'ng linggo'ng nawala.. kung hindi *BUWAN*! At hindi mo alam kung ano'ng pinagdaanan ko sa loob ng matagal na panahon na 'yon na wala ka sa tabi ko.."**

"Ahh.. kaya akala mo ay madali para sa'kin??" sarkastiko'ng tanong niya at kumunot ang noo ko. **"Sige na, saka na lang tayo mag-usap.. Mukha'ng pareho tayo'ng mainit ang ulo---"**

"Ayoko." pigil ko sa kaniya at mabilis ko'ng hinawakan ang braso niya.

"Bitiwan mo ko."

"Ayoko nga!"

"A-Ano ba!"

"Gusto nga kita'ng makasama e!" inis na sigaw ko at natahimik siya! **"B-Bakit ba naninigaw ka na ngayon!? H-Hindi ka naman dati'ng ganyan! Tsk! Kababae'ng tao!"** singhal ko at saka pinindot ang lock ng kotse ko para hindi siya makalabas basta basta!

"Sige na, ihatid mo na lang ako---"

"Dito lang tayo.."

"A-Ano'ng gagawin natin dito?"

"Akala ko ba gusto mo'ng makita?!"

"Oh, e nakita na kita. Alam mo nama'ng ilang segundo lang kita'ng makita ay kuntento na ako. Tss.. ikaw lang naman 'tong.." at ang iba ay hindi ko na nadinig dahil sa pahina ng pahina'ng boses niya!

Nababaliw na talaga siya!

"Tatanongin ulit kita.." sambit ko at tumingin siya sa'kin. **"Bukod sa *'SORRY'* mo.. ano sa tingin mo ang dapat mo'ng sabihin sa'kin?"** paglalakas-loob na tanong ko at kumunot naman ang noo niya.

Sabihin mo na Taguro.. sabihin mo ng mahal mo ako para matahimik na ang puso ko!

"Galing ako'ng Korea.." sagot niya at nasinghap naman ako ng hangin sa inis!

"A-Alam ko'ng d'yan at d'yan ka lang pupunta kaya hindi 'yan ang inaasahan ko'ng isasagot mo! M-Mag-isip ka pa! W-Wala na ba'ng iba?!" tanong ko pa at napaisip naman talaga siya!

"S-Sorry kasi.. h-hindi ako nakapagpaalam dahil alam ko'ng hindi ka papayag na umalis ako.. h-hindi ko kaya'ng makita ka'ng umiiyak sa harap ko kaya mas pinili ko'ng umalis na lang ng wala---"

"Hindi 'yan!" sigaw ko sa inis at tumaas naman ang kilay niya at muli'ng napaisip!

"'Yung tungkol sa pag-aaral ko ay.. nakausap ko na ang Lolo mo, at kukuha ako ng acceleration exam para sa pasukan ay fourth year na rin ako---"

"A-Ano ba! Ano ba! Ano ba!" inis na sigaw ko sa kaniya at nakanguso'ng tumingin siya sa'kin! **"H-Hindi naman 'yan e! Wala ako'ng pakialam d'yan dahil alam ko'ng maitatanong ko sa'yo maya't maya 'yan!"**

"E bakit ba kasi hindi mo na lang ako tanongin! King ina'ng 'yan!" pagmumura niya pa at napatingin ako sa kaniya!

"N-Nagbago ka na.." inis na sagot ko.

"Tanongin mo na lang kasi ako.."

"Tinatanong na nga kita e, bukod sa sorry mo---wala ka na ba'ng iba'ng sasabihin sa akin!? 'Yung para sa'kin! Hindi 'yung tungkol sa'yo! *'SAKIN'*, Taguro! Sakin!" turo ko pa sa sarili ko!

"A-Ano'ng sa'yo?!"

"Tsk! Manhid ka talaga!" hindi ko na napigilan ang sarili ko'ng isigaw 'yon sa kaniya at natigilan siya!

Nanlulumo ako'ng napasandal upuan ko at iniiwas sa kaniya ang paningin ko!

Nanikip agad ang dibdib ko at gusto ko'ng suntukin ang manibela ng kotse ko!

Agad ako'ng bumaba at doon inilabas ang emosyo'ng nararamdaman ko.

Parang mas nadagdagan pa ang sakit na nararamdaman ko!

Hindi ko matanggap na hindi niya maalala'ng sabihin sa'kin na mahal niya ako. Hindi ko matanggap..

Nung maramdaman ko ang pagbaba niya ay dali dali ko'ng pinunasan ang mga namuo'ng luha sa mga mata ko.

"D-Deib.." tawag niya nung makalapit siya sa'kin pero agad ko'ng iniiwas ang paningin ko at hindi ko siya tiningnan. **"S-Sorry na.."** sinsero'ng aniya pero hindi pa rin ako tumingin sa kaniya.

"Napakamanhid mo naman.. h-hindi ako makapaniwa'ng may tao'ng katulad mo.." hindi ko na napigilan ang sarili ko'ng sabihin. Nung hindi siya sumagot ay saka ako tumingin sa kaniya. **"Miss na miss kita, alam mo ba 'yun??"** nagpipigil ng iyak na tanong ko at napatungo naman siya. **"H-Halos patayin ako nung mga araw na wala ka d-dito tapos ngayon.. 'yan lang ang sasabihin mo sa'kin?? Nakakamatay ang ka-sweet-an mo!"**

"D-Deib.."

"K-Kanina, akala ko ay okay na e.. K-Kaso hindi pa rin! Manhid ka pa rin!"

"S-Sabihin mo na kasi sakin.."

"Dapat ay alam mo 'yun, Taguro.." sagot ko at natigilan siya. **"Bakit ka pa bumalik dito?"**

"D-Dahil nandito ang buhay ko.."

"Tch! At ako ang buhay mo??" sarkastiko'ng tanong ko at hindi siya sumagot. **"Pero ang totoo ay alam ko nama'ng pamilya, kaibigan at**

pag-aaral ang pangunahi'ng dahilan mo kung bakit ka bumalik dito---"

"A-Ano ba'ng sinasabi mo??" salubong ang mga kilay na tanong niya. Lumapit siya sa'kin at hinawakan ang magkabila'ng pisngi ko dahilan para mapasinghap ako ng hangin.

Sabik na sabik ako sa mga hawak niya'ng yon at halos mapapikit pa ako sa pagnamnam ng mga ito.

"Mahal na mahal kita, Taguro.." wala sa sarili'ng nasambit ko habang nakapikit at pigil ang mga luha. Hawak ang kamay niya at pilit 'yong inihahaplos sa mukha ko ng kusa. **"H-Hinihintay ko lang naman ay sabihin mo saki'ng ma---"**

"Mahal kita.."

Mabilis ang naging pagbukas ng mga mata ko.

Sa w-wakas ay narinig ko.

"A-Akala ko kasi ay alam mo na kaya hindi ko na kailanga'ng sabihin pa.." dagdag niya at nginiwian ko naman siya.

"Manhid.." pabulong na singhal ko at tumingin pa rin ng deretso sa kaniya.

"Kung manhid ako, hindi ako masasaktan sa paraan ng pagtrato mo sa'kin ngayon.." nakagiwi'ng sagot niya at inis naman ako'ng iniiwas ang paningin ko sa kaniya. **"Tss.. Nasabi ko na lahat, ganiyan ka pa rin.. Ikaw ang magulo e, ikaw ang manhid.."** dagdag niya at tiningnan ko siya ng deretso.

"Lalo ka'ng naging wirdo, alam mo ba 'yun?"

"Tss, hindi rin kasi kita maintindihan.." nakangiwi'ng reklamo niya.

"Dahil hindi mo alam kung ano'ng pinagdaanan ko.."

"Hindi mo rin naman alam kung ano'ng pinagdaanan ko, ah?"

"'Wag mo'ng ibalik sa'kin ang sinasabi ko.."

"Edi 'wag mo rin ikumpara sa'kin 'yung mga nangyari sa'yo. Kasi.. pareho tayo'ng nasaktan.."

"Tch.."

"Pero ayos lang, hindi ko naman inaasaha'ng matutuwa ka pa sa pagbalik ko e.. Inaasahan ko ng magagalit ka.."

"Hindi ako galit.. nasasaktan lang.." sagot ko at deretso siya'ng tumingin sa'kin.

"Kahit n-nandito na ako, nasasaktan ka pa rin?" tanong niya. At pigil ang luha'ng tumango na lang ako. Kita'ng kita ko kung paano'ng

nangibabaw ang pag-aalala sa mukha niya dahilan para lalo'ng maghalu-halo ang nararamdaman ko. **"A-Ano'ng pwede ko'ng gawin para.. m-mawala 'yung sakit na nararamdaman mo?"**

"Halikan mo ko.."

"Eh?!" gulat na tanong niya pero ipinakita ko'ng seryoso ako. Kita'ng kita ko ang mga paglunok. **"D-Dito??"** tanong niya pa at tumango nama'ng muli ako. **"B-Baka may makakita sa'kin dito.."** aniya pero hindi pa rin ako nagsalita at deretso'ng tumingin lang sa kaniya.

Bakas ang pagkailang sa mukha niya at halata'ng hindi na niya alam ang gagawin niya.

Blangko ang mukha'ng tinitigan ko ang kabuuan ng mukha niya at gusto ko'ng palakpakan ang sarili ko dahil sa pagpipigil ko'ng sunggaban ang mga labi niya.

"S-Sa susunod na lang.."

Hindi ako nagpahalata'ng nainis at nanatili'ng blangko at deretso ang tingin ko sa kaniya at napapailing nama'ng tumingin siya sa'kin!

"E-Eh, b-baka kasi may m-makakita sa'tin dito.. n-nakakahiya.." dagdag niya pa pero iniiwas ko lang ang paningin ko at hindi nagsalita. **"B-Baka naman may i-iba pa'ng paraan??"** tanong niya at inis ako'ng tuminign sa kaniya.

"Wala na."

"Tsk.." singhal niya at nainis ako.

"Nangangalay na ako, Taguro.." pino ang tingi'ng sambit ko pa dahilan para manginig siya'ng dumantay sa dibdib ko.

Dahan dahan niya'ng inilapit ang mukha niya sa'kin at doon ko na hindi napigilan ang sarili ko'ng mapangisi.

Mas marami sa pa sa dahon ng puno ang nakikita ko'ng puso.

Parang nagslow motion ang paningin ko sa ginawa niya'ng paglapit sa mukha ko at bago pa man ako mapapikit ay naramdaman ko na ang pagdampi ng labi niya sa labi ko.

Hinapit ko ang likuran niya para mas mapalapit siya sa'kin habang sinisiil ko ang labi niya. Ang kaliwa'ng kamay niya ay nasa dibdib ko at ang isa pa'ng nasa banda'ng tiyan ko.

Inihawak ko pa ang kana'ng kamay ko sa batok niya pero..

Bumitiw siya!

"T-Teka naman!" sigaw niya sa'kin at gulat ako'ng napatingin sa kaniya at saka siya naghabol ng hininga!

"A-Ano?" napapahiya'ng tanong ko at sunod sunod ang naging paglunok niya at saka siya natawa kaya nagsalubo'ng ang kilay ko!

Hinila ko siya at isinandal sa kotse ko dahilan para makorner siya sa pagitan ng dalawa'ng braso ko. Kita'ng kita ko pa ang paglunok niya.

Tiningnan ko ang kabuuan ng mukha niya para napako ang paningin ko sa mapupula'ng labi niya.

Iniiwas niya ang mukha niya sa'kin pero hinawakan ko ang chin niya't iniharap 'yon sa'kin.

"Ang ganda mo.." namamangha'ng sambit ko pa at muli naman niya'ng iniiwas ang tingin niya. Kinuha ko ang magkabila'ng kamay niya at iniyakap 'yon sa sa'kin. **"Wala ka ba'ng sasabihin?"**

"T-Thank you.."

"Bukod don.."

"I l-love you.."

"'Yung hindi nauutal.." nakangisi'ng utos ko at dahil bakas na bakas na ang pagkailang sa mukha niya.

"A-Alam mo na 'yun.."

"Gusto ko'ng marinig, Taguro. At naiinip na ako."

"I love you.." halata'ng nagpipigil ng hiya'ng sambit niya at napangiti naman ako at saka muli'ng hinalikan siya na agad nama'ng ikinagulat niya.

5

4

3

2

1

Kusa ko'ng binitiwan ang mga labi niya at pareho kami'ng dahan daha'ng iminulat ang mga mata nung magkahiwalay ang mga mukha namin.

"I love you too, Babe." seryoso ngunit malambing na usal ko. **"'Wag mo na ako'ng iiwan ha??"**

"Hindi naman kita iniwan e.."

"Nilayasan lang??"

"Tss.."

"Umalis ka pa rin ng wala'ng paalam.."

"Dahil alam ko'ng maiintindihan mo naman.."

"Napakaselfish mo pa rin.."

"E-Edi babawi ako sa'yo.."

"Tch! Sa ano'ng paraan??"

"Edi h-hahalikan kita araw-araw.."

"G-Gagawin mo 'yun??" utal pa'ng tanong ko.

"K-Kung kinakailangan e.. bakit hindi.."

"Kung ganon.." nakangisi'ng sambit ko. **"Simulan mo na ngayon."** dagdag ko at saka hinawakan ang kamay niya at inalalayan siya papasok ng kotse. Mabilis rina ko'ng sumakay at in-start 'yon.

"S-Saan ang punta natin??"

"Iuuwi kita sa bahay---"

"Ha?!"

"Mmm.."

"A-Ano'ng gagawin ko don?!"

"Baka kasi.. nahihiya ka sa lugar na 'to, kaya iuuwi kita sa bahay. At least doon, masosolo mo ko.." mayabang na sagot ko at saka sinimula'ng magmaneho.

"H-Hindi na, uuwi na lang ako."

"Oo nga."

"A-Akala ko ba pupunta tayo sa bahay niyo?"

"Oo nga!"

"E u-uuwi na nga ako!" sigaw niya at natawa naman ako.

"Simula ngayon, doon ka na uuwi sa bahay ko.." sagot ko at natigilan siya. **"Hindi ka na pwede'ng mawala sa paningin ko kahit magpaalam ka pa.."** dagdag ko at mas natigilan siya.

"Ikaw 'yung nag-utos 'don sa mga waiters??" natatawa'ng tanong ko. **"Ang korni mo.."**

"Tss, ano'ng utos naman?!"

"Eeish! Inutusan mo ang mga 'yon! Umamin ka na! Okay lang naman sa'kin e. Hehehe! Ang sweet nga e." dagdag ko pa.

"Wala talaga, Deib.." seryoso talaga'ng sagot niya.

Gulat ako'ng napatingin sa kaniya. Inosente siya'ng nakatingin lang sa'kin.

"Wala ako'ng inuutusan.." dagdag niya pa at ako naman ang natigilan.

Bakit sila ganon?? S-Sino'ng nag-utos sa mga 'yon?!

OceanofPDF.com

CHAPTER 166

MAX'S POV

Sino ba'ng waiters ang sinasabi niya?

Nagsimula siya'ng magmaneho at nung lingunin ko siya ay bakas pa rin ang pagtataka sa mukha niya.

"Ano ba'ng sabi sa'yo?" tanong ko.

"English, eh."

"Tss.. kaya hindi mo naintindihan?!"

"Tch." nakangiwing singhal niya. **"Nawiwirduhan lang ako, ikaw man sa posisyon ko ay ganon rin ang mararamdaman mo. Kumuha lang ako ng wine e kung anu-ano ng pinagsasabi."**

"Tulad nga ng ano?"

"Basta, may pa-love love pa silang nalalaman. Tch! Kung sino man ang nag-utos sa mga 'yon, panigurado'ng patay na patay sa'kin 'yun."

Ako naman ang tumaas ang kilay pero iniiwas ko na lang ang tingin ko sa kaniya.

Tss, sanay naman ako'ng marami'ng may gusto sa kaniya at wala ako'ng pakialam dahil akin siya.

"Taguro?" maya-maya pa'y tawag niya at agad nama'ng nilingon ko siya.

"Mmm??"

"H-Hindi mo man lang ba ako na-miss?" bakas ang pagiging seryoso sa tono niya.

Umayos ako sa pagkakaupo at saka humarap sa kaniya. Isinandal ko ang likuran ko sa pinto ng kotse niya.

Palingon lingon lang siya sa'kin dahil sa daan nakatutok ang paningin niya.

"Magsisinungaling ako kung sasabihin ko'ng hindi." sagot ko at nangiti naman agad siya. **"Ang totoo, ginawa ko'ng abala ang sarili ko sa mga bagay bagay nung nasa Korea ako, para.. mawala lahat ng masasakit na katotohanan sa isip ko. Pero sa t'wing mahihinto ako sa**

ginagawa ko.. ikaw agad ang pumapasok sa isip ko." kwento ko at nanlaki ang mga mata niya at tumingin pa sa'kin.

"T-Talaga?" pigil ang ngiting tanong niya pa.

Tss, nagugulat pa?!

"Mmm.."

"B-Buti.. natiis mo ko??" bakas ang pag-aalinlangan na tanong niya at napabuntong-hininga naman ako at tumingin pa rin ng deretso sa kaniya. **"Sabagay, sanay na ako. Hehehe!"** mapaklang dagdag niya.

"Kasi.. kung pipilitin ko'ng makasama ka. Hindi ko rin maibibigay sa'yo ang buo'ng atensyon ko dahil.. malaki ang naging epekto non sa pagkatao ko.."

"Naiintindihan naman kita e." pormal na tugon niya.

"Alam ko. Kaya nga mas pinili ko'ng hanapin muna ang sarili ko, dahil alam ko'ng pagbalik ko, sisigawan mo lang ako tapos okay na."

"Tch. Kaya ganon na lang kadali sa'yo na iwan ako!?" nakanguso pa'ng tanong niya at napabuntong-hininga rin ako.

"Hindi rin naman naging madali para sa'kin ang gawin 'yon. Ang totoo, 'yun ang pinakamahirap na naging desisyon ko. Dahil sa huli, luge pa rin ako."

"Tch! B-Bakit?"

"Kasi araw-araw akong binabangungot at kinukonsensya sa kaiisip sa'yo. Tss, 'yung kaisa-isa'ng tao'ng nagbibigay ng lakas sa'kin sa t'wing manghihina ako.. iniwan ko." sagot ko at nilingon niya naman ako. Bakas ang lungkot sa mga mata niya kaya ngumiti ako. **"Hindi rin naging madali para sa'kin ang ginawa ko. Pero.. hindi mo alam kung gaano mo ko napasaya dahil kahit hindi mo sabihin ay alam ko'ng naiintindihan mo."**

"Oo, kaya 'wag mong abusuhin ang kabaitan ko. Napakaswerte mo sa'kin, soooobrang swerte mo sa'kin! Napaka-understanding ko at gwapo. Ikaw lang ang babae'ng nakapagpaiyak sa'kin ng ganon. Alam na alam ng buo'ng BIS na halos mabaliw na ako kaiisip sa'yo. Kahihintay sa'yo. Tch! Ni hindi ko man lang nagawa'ng pangalagaan ang mukha ko, ang hirap i-maintain ng itsura ko habang nasasaktan ako. Sabagay.. mahirap burahin ang natural ng gwapo---"

"Tss.."

"Oh, bakit?!" natatawa'ng tanong niya at ngumiwi na lang ako saka iniiwas ang paningin ko.

"Ano pa nga ba'ng aasahan ko? Ikamamatay mo yata kung hindi mo pupurihin ang sarili mo." pang-aasar ko sa kaniya at natawa na lang siya. **"Daan muna tayo sa bahay."** yaya ko.

"Oo, kumuha ka na rin ng gamit mo. Don ka

"Mworago!?" gulat na tanong ko!

Translation: What did you say!?

"Ta--guro!?" panggagaya niya pa sa tono ko. **"Hindi ka pwede'ng tumanggi, tandaan mo.. *sinaktan* mo ko."**

"Tss.."

"Sasaktan mo na naman ba ako?"

"Hindi nga pwede."

"Aissh! Ano'ng hindi pwede?!" inis na tanong niya at napabuntong-hininga naman ako. **"Wala naman ako'ng gagawin sa'yo--"**

"Pero hindi pa rin maganda'ng tingnan na nakikitulog ako sa inyo---"

"Edi ako ang matutulog sa inyo!"

"Mas pangit lalo."

"T-Taguro naman e.."

"Marami naman tayo'ng oras na magkasama e--"

~BREAK!~

Iprineno niya ng matindi ang kotse!

"Ngayon kita gustong makasama! Ngayon! Ngayon mismo!" pagpipilit niya pa.

"Magkasama na nga tayo, 'di ba? Ngayon mismo--magkasama tayo, Deib." sagot ko at sumeryoso ang mukha niya. **"B-Babawi naman ako sa'yo e."**

"Kailan?"

"Bukas.."

"Sa anong paraan?" seryosong tanong niya. **"Hahalikan mo ko araw-araw? Susuyuin mo ko araw-araw? Yayabangan mo ko araw-araw?"** bakas ang pagkadismaya sa mukha niya. **"Ilang pangako pa ba ang gagasgasin mo sa pandinig ko ng wala man lang tinutupad maski isa?!"** inis talagang singhal niya at natigilan naman ako. **"Tch. Mmm, sige, iuuwi na kita. Pero next time, 'wag ka nalang mangako, ha?"** sarkastikong tanong niya at saka nagtuloy.

"P-Pasensya na, pagod rin kasi ako e."

"Okay lang."

"Babawi talaga ako--"

"'Wag ka na lang sigurong magsalita, gawin mo na lang muna. Tutal, sanay naman akong ganon ka." malamig na namang pakitungo niya.

"Deib.."

"Okay lang talaga." aniya pa at saka ngumiti, batid kong pilit at mapait ang ngiting 'yon. **"Mahirap naman 'yung pilitin kita e hindi mo naman ugali 'yun talaga, hindi ba? H-Hehehehehe. Baka mamaya n'yan, n-nasasakal na pala kita--sa kagustuhan ko lang na makasama ka."** dagdag niya at dinig ko ang pagbuntong-hininga niya. **"Nakakahiya naman."**

"S-Sorry talaga."

"Sige, n-naiintindihan ko." bakas ang panlulumo'ng aniya at saka nagtuloy sa pagmamaneho. Nanlamig na naman ang pakikitungo niya.

DEIB'S POV

Pilit kong hindi ipinakita sa kaniya ang pagkadismaya ko pero hindi ko rin naman magawang pigilang iparamdam 'to.

Oo nga pala, hindi nga pala siya 'yung tipo ng babae'ng nagpapa-control. Tch.

Muli kong inalala ang mga narinig kong sinabi ni Randall nung minsan akong na-ospital. Inalala ko ang lahat ng mga narinid kong sinabi nila.

Huwag mo kasing ipakitang mahal na mahal mo siya, Deib, lugi ka, eh! Tch.

Hindi na ako nagsalita hanggang sa maihatid ko siya pauwi sa bahay nila.

"Salamat." ani Taguro pagkababa ng kotse ko. **"Ingat--"**

"Welcome." pilit ang ngiting tugon ko at saka pinaharurot ang kotse ko pauwi.

Ayos lang 'yan, Deib. Magiging okay ka rin.

Binilasan ko ang pagmamaneho sa sobrang inis ko at agad ko namang narating ang bahay ng may sama ng loob. Bago ko tuluyang igarahe ang kotse ko ay nakita kong nandoon na ang kotse ni Daddy at Randall.

Nakauwi na pala sila.

Panandaliang nabura ang inis ko.

"Baby!" sigaw ko pa nung makita ko silang kumpulan at nakapalibot kay Noona!

"Oh, Deib." si Noona. **"Ang aga mo naman yatang umuwi?"** tanong niya pero hindi ko na siya pinansin. Dumeretso ako sa tabi niya at tiningnan ang baby. **"May party kayo, 'di ba?"**

"Hi, Baby!" bati ko pa dito. Hinawakan ko ang kamay niya at iniipit dito ang hintuturo ko. **"Nandito na si Tito Deib!"** masayang dagdag ko pa.

Ang cute cute niya, parang anghel talaga. Ang sarap sa pakiramdam na makita ang mukha niya.

"Naalala ko pa ang mukha ni Deib Lohr nung baby pa lamang siya, ganiya'ng ganiyan." ani Lolo at nakangiting nilingon ko naman siya.

"Parang mas gwapo sa'kin ang isang 'to, Lo." nakangiting sagot ko at saka muling tumingin kay Baby. **"Kay Tito kay lagi didikit ha? Para hindi mo mamana ang init ng ulo ng Mommy mo."** bulong ko kunyari dito.

"Mm!" ani Noona na pinalo pa ang balikat ko. **"H'wag na lang! Baka naman mamana ng baby ko ang pagkabilib mo sa sarili mo!"**

"At least, honest!" sagot ko sa kaniya at saka muling nilaro ang kamay ni Baby. **"Ano nga pala'ng pangalan niya?"** tanong ko na nilingon pa uli si Noona.

"Ranleigh Deinall."

Natigilan ako at nagpalipat lipat ng tingin kay Noona at Randall!

"R-Ranleigh Deinall!?" tanong ko pa at sabay pa ang naging pagtango nila. **"Tch! Pangbabae!"**

"Hey, hindi, ah!" tanggi ni Noona! **"Ang cute kaya, Ranleigh Deinall, pinaghalong Dein Leigh at Randall, hihihihi! Ang cute!"**

"Tch, Ranleigh Deinall. Ewan ko sa'yo." sabi ko pa at saka muling nilaro ang baby. **"Hello, RD!"** malakas na bati ko sa baby at pinagtakhan naman nila ako. **"Gusto ko siya'ng kargahin, Noona."** nakangusong sabi ko at nangiti naman si Noona at saka marahang ibinigay sa'kin si Baby.

Napapanganga'ng inihiga ko pa siya sa mga braso ko.

Waaaaaa! Hahahahaha!

Nakaramdam ako ng matinding tuwa dahil ito pa lang ang kauna-unaha'ng beses na makakakarga ako ng baby!

"Hahahahaha, ang gaan niya pala?" tuwang tuwang tanong ko pa na tiningnan sila isa-isa. **"Mommy, paniguradong mas mabigat dito si Noona nung baby siya, ano?"** pang-aasar ko pa kay Noona.

"Hihihihihihihi, mas mabigat ka baby. Ang laki laki ng tiyan mo nung nasa Primary ka, hihihihi!"

Hindi man lang sinakyan, tch!

"Ang cute cute niya, hehehehe! Magpalaki ka agad, ha??" nakangiting tanong ko pa sa sanggol. **"Ihahagis hagis ka ni Tito sa ere,**

masaya 'yon!"

"H-Hey! You're so bad!" suway sa'kin ni Noona at hindi ko siya pinansin.

"Bibilhan ka ni Tito ng maraming laruan! Maglalaro tayo ng arcade! Baril barilan! Bomba!" dagdag ko pa.

"Oo, pero h'wag mo siya turuang mang-BULLY!" pagdidiin ni Noona at nginiwian ko lang siya.

"Nasa dugo mo ang pagiging gwapo, hehehehe!" bulong ko pa sa baby.

Maya maya pa ay pumunta silang lahat sa kusina. Naiwan kaming tatlo nila Noona at Randall pati na rin si Baby na hinahaplos ko ng daliri ko ang pisngi.

"Ang lambot ng pisngi niya, hahahahaha!" sabi ko pa.

"Sshh, 'wag ka namang maingay kasi natutulog siya." bulong ni Noona.

"Naririnig mo ba ako, baby??" tanong ko pa rin. **"Ako ang Tito mo, hehehehehehe!"**

"Maraming puso 'yang Tito mo, RD." biglang sabat ni Randall at sinamaan ko naman siya ng tingin.

Tch!

Iniiwas ko sa kanila ang paningin ko at saka ako bahagyang sumandal.

"Haaaay, ang sarap siguro ng pakiramdam mo, bro?" nakangiting tanong ko kay Randall at nangiti naman siya at ultimong gilagid niya ay kita ko na.

"Oo naman, hahahaha! Ikaw ba naman pagkalooban ng isang malaki at maliit na anghel, sinong hindi matutuwa?" masaya talaga'ng tugon ni Randall. Tumingin naman ako kay Noona at nakangiting nilingon niya ako.

"Malaki ka daw sabi ni Randall, hahahahahaha!" pang-aasar ko sa kaniya at agad na nagsalubong ang mga kilay niya at tumingin kay Randall.

"H-Hon, wala akong sinasabing ganon, ah!" tanggi ni Randall.

"Kasasabi mo lang kaya, hahahaha!" pang-aasar ko pa saka tumingin kay Noona. **"Joke lang, hehehehe!"**

"Psh! Magsama kayo d'yan! Pareho kayong walang silbe!" sigaw ni Noona at saka tumayo at sumunod kila Mommy sa kusina.

Tatawa tawa naman kaming naiwan ni Randall doon. Naupo siya malapit sa'kin at nakilaro sa kamay nung baby niya.

"Ang cute niya, 'di ba??" namamangha pang tanong ni Randall.

"Sobra, hehehehe. Dito lang siya lagi, ah??" tanong ko pa.

"Tsh, malamang. Hindi naman ako ang magpapadede sa kaniya!"

Nagkatanginan kami. **"Hahaahaha!"** at saka sabay na tumawa ng malakas.

"Ang sarap sarap niyang tingnan, bro. Siguro, kahit na pagod na pagod ako, makita ko lang ang mukha niya, mawawala ang pagod ko." sabi ko pa at saka bahagyang pinanggigilan ang baby. **"Hi, RD. RD. RD."** paglalaro ko pa dito na bahagyang gumalaw ang ulo.

"Hahahaha, kaya nga gusto kong araw-araw pumunta dito, para makita ko rin siya." tugon ni Randall.

"E bakit hindi ka pa dito tumira muna??" tanong ko sa kaniya.

"Ayaw ng Lolo mo." pilit ang ngiting tugon niya.

"Si Lolo??" takang tanong ko. **"Si Lolo, o si Chairman??"**

"Pareho, hehehe." pilit pa rin ang ngiting sagot niya. **"Tsaka na daw, kapag kasal na kami. Naiintindihan ko naman."** tatangu-tango pang dagdag niya. **"Pupunta na lang ako dito araw-araw. Hehehehe! 'Di ba, baby?? Gusto mo rin marinig ang boses ni Daddy araw-araw, 'di ba? Kakantahan ka namin ng Mommy mo araw-araw, anak."**

"At saka ni Tito, 'di ba? Kakantahan kita ng magaganda kong kanta! Hehehehe! Gusto mo 'yon baby, 'di ba?" tanong ko pa at nangiti naman kami pareho ni Randall. **"Kailan nga pala ang kasal niyo??"** tanong ko pa.

"Magpapapayat daw muna ang Ate mo, hahaha!"

"Hahaha! Lumobo ng todo, eh! Wala pa kayong napag-usapa'ng date??"

"Meron naman." sagot niya at saka muling nilaro ang kamay ni RD. **"Siya lang naman 'tong magulo kausap. Hehehehe. Sa'kin naman ay kahit anong petsa ayos lang, basta siya ang mapapang-asawa."**

"Tch! Ang korni mo, hahahah!"

"Kahit bukas nga ay pwede ko siyang pakasalan kung gusto niya."

"Kahit naka-Polo ka lang!? Hahahaha!"

"Tsh. Kahit nakasando pa! Hahahaha!" aniya at saka kami muling nagtawanan. **"Bestman ka, ah??"**

"Oo naman! Tch!"

"At isa si Maxpein sa Bridesmaids niya." anyaya niya pa. Natigilan ako sa sinabi niya pero hindi ako nagpahalata. Ngumiti na lang ako at hindi

na nagsalita. **"O-Okay na ba kayo??"** maya maya pa'y tanong niya at nakangiting nilaro ko na lang 'yung baby.

Napabuntong-hininga ako ng palihim at hindi siya pinansin.

"Hindi pa kayo okay??" pagbabaliktad niya ng tanong at pilit ang ngiting tumingin ako sa kaniya.

"Mm, okay naman na."

"E bakit parang hindi?"

"Hindi ko pa rin kasi siya maintindihan." sagot ko at muling tumingin na lang kay Baby. **"Siya ang umalis at ako ang naiwan. Pareho kaming nasaktan pero.. parang balewala lang lahat sa kaniya."** pilit ang ngiting dagdag ko.

"Baka hindi niya lang alam kung anong sasabihin sa'yo? A-Alam niya bang ganiyan ang nararamdaman mo?"

"Nasabi naman na niya lahat ng gusto ko, 'yung pagkukusa niya ang hinahanap ko." pilit ang ngiti'ng tugon ko at masayang nakipaglaro sa kamay ni Baby. **"O-Oh! D-Dumidilat siya!"** namamangha'ng sambit ko pa! Nanlaki ang mga mata ko at bahagyang sinilip ang mata niya. **"N-Nawala.."**

"Hehehe, ganiyan talaga ang baby."

"Gusto ko rin ng baby, hahahaha!" nakangiting sabi ko pa.

"At si Maxpein ang Mommy??"

Gulat akong napatingin sa kaniya at napalunok. Nakangisi siya sa'kin at iniiwas ko naman ang paningin ko. Hindi na ako sumagot sa kaniya.

"Mas maganda sana kung.. nakapag-usap kayo ng maayos bago natapos 'tong araw na 'to." aniya na naman at napatingin naman ako sa kaniya. Bahagya siya'ng nakangiti pero nasa baby ang paningin. **"Kasi.. ngayong araw lang siya dumating, pagod siya pero mas pinili niya'ng makita ka."**

Napatitig ako kay Randall at naiintindihan ko ang sinasabi niya. Pero hindi ko lang talaga 'yon sinasang-ayunan.

Tch! Nakikita nila 'yung effort niya, pero 'yung nararamdaman ko parang balewala na. Tsk tsk.

Nasasaktan pa rin ako kahit na alam kong meron sa puso kong palagay na dahil nandito na si Taguro. Pero hindi mabura-bura ang sakit na naramdaman ko.

Gusto ko siyang makasama pero maiintindihan ko naman kung gusto niyang magpahinga. Hindi ko lang talaga mapigilan ang nararamdaman

ko.

"B-Buti, hindi ka na n-nagpumilit na makasama siya ngayon??" ilang pang tanong na naman ni Randall at pilit ang ngiting tiningnan ko naman siya. **"Ibig kong sabihin, syempre.. ang tagal niyong h-hindi nagkita, 'di ba?"**

"Mm," tango ko. **"Kaso.. baka masakal ko na naman siya e, h-hehehe."**

"M-Masakal?"

"Mm, hindi ba't nakakasakal naman talaga 'yung ginagawa kong pagdikit dikit sa kaniya?? H-Hehehehe." sagot ko at natigilan siya. Tumingin na lang ako kay Baby at hindi na siya nagsalita pa.

Sabay sabay kaming kumain matapos magluto ni Mommy. Pero ng dahil sa naging usapan namin ni Randall ay naramdaman ko na naman ang pagod na kaninang ramdam ko. Hindi na ako nagtagal sa pakikipag-usap sa kanila at nagpahinga na lang ako sa kwarto ko matapos kong maligo.

"H-Hindi man lang kita nagawang ipakita sa kaniya." mahinang usal ko pa sa katabi kong malaking Teddy Bear na siyang nakuha ko kahapon sa gala namin nila Lee at Tob.

~KNOCK! KNOCK!~

Gulat akong nilingon ang pinto nung biglang may kumatok doon. Kusa rin 'tong bumukas at pumasok si Noona.

"Oh, Noona?" bigay pansin ko pa sa kaniya. **"Si Baby??"** nakangiting tanong ko pa.

"Mm, tulog na. Kauuwi nga lang rin ni Randall e."

"Ah."

"Matutulog ka na ba?"

"Mmm, sana.."

"Okay ka na ba?"

"O-Okay namin, bakit??"

"Wala naman, hindi pa kasi kita nakausap e. Okay na ba kayo ni Maxpein??"

"Tch, ano ba'ng sinasabi mo d'yan? Okay lang kami. Wala kang dapat alalahanin. Pumunta ka pa dito para lang d'yan??" natatawa kunyaring tanong ko at nadinig ko naman ang pagbuntong-hininga niya kasunod ng pag-upo niya sa tabi ko.

"Deib, are you sure you're okay??" bakas ang pag-aalalang tanong niya at agad namang kumunot ang noo ko at saka ngumiti sa kaniya.

"I'm okay, siguro kaya lang ako ganito ay dahil hindi ko inaasahang dadating siya ngayon mismo, umalis siyang walang pasabi at dumating rin ng walang pasabi. Mahilig yata sa biglaan ang taong 'yon." biro ko pa kunyari.

"Sorry, kung hindi man lang kita nagawang asikasuhin nung wala siya."

"Tch, okay lang 'yun, hindi mo naman obligasyon ang bantayan ako." natatawang sagot ko. **"Okay lang ako, Noona. H'wag kang mag-alala. Mas kilala ko na ngayon ang sarili ko at natuto na ako."**

"N-Nang ano naman??" taas-kilay na tanong niya.

"Na bawasan ang pagpapakitang mahal na mahal ko ang isang tao para hindi maging madali sa kanilang balewalain ang nararamdaman ko." nakangiti ngunit seryosong tugon ko. Natigilan siya at napatitig sa'kin. **"Don't mind me, I'm okay. Hindi kami nag-away ni Taguro at ang totoo ay hinalikan niya pa nga ako, h-hahahahahaha!"** masaya kunyaring dagdag ko.

"Psh, bukas--"

"Oo, bukas.." pigil ko sa kaniya. **"Babawi daw siya sa'kin."** napapayukong sagot ko pa.

Anong klaseng pagbawi naman? Magsasaya? Ako? Mag-isa? H-Hehehe. Tch.

Hindi ko maintindihan ang inis na nangibabaw sa'kin.

Napatingin ako kay Noona at nakatitig pa rin siya sa'kin kaya nginitian ko na lang siya.

"Sige na, matutulog na ako. Pagod ako. Magpahinga ka na rin." sambit ko pa sa kaniya na bahagyang hinaplos ang balikat niya. **"Bukas, pupuntahan ko agad si Baby pagkagising ko."**

"Goodnight." tanging tugon niya at saka lumabas ng kwarto.

Pumikit ako at hindi na iminulat pa ang mga mata ko. Pinilit kong hindi na mag-isip para maging kalmado na ang dibdib ko.

♥ K ♥ I ♥ N ♥ A ♥ B ♥ U ♥ K ♥ A ♥ S ♥ A ♥ N ♥

~BRIZK! BRIZK!~

Naramdaman ko ang vibration ng cellphone ko kaya naman nakapikit pang kinuha ko 'yon sa tabi ko.

"H-Hello!" sagot ko.

Abala! Tsk!

"Good morning." boses ni Taguro.

Natigilan ako at saka bumuntong-hininga. Dumapa pa rin ako sa kama ko habang nakapikit ang mga mata ko.

"I-Inaantok pa ako, matutulog pa ko--"

"Bumangon ka na." pigil niya pa sa'kin at mas natigilan ako.

Taguro!?

Hindi ako nakapagsalita.

Dahan dahan akong bumangon at nanlalaki ang mga matang tumingin sa kaliwa ko.

"T-Taguro.." mahinang usal ko pa!

NASA KWARTO KO SI TAGURO!

"A-Anong ginagawa mo d'yan?!" tanong ko pa na bahagyang napaatras sa kama ko papalayo sa kaniya. **"B-Bakit ka nandito?"** tanong ko pa. Nakaupo siya sa single sofa na inilagay niya sa gilid ng kama ko! Nakapandekwatro siyang pangbabae at magkahawak ang kamay at deretsong nakatingin sa'kin.

"Sinusundo ka. Babawi ako, 'di ba?" nakangiting tanong niya at iniiwas ko naman agad ang paningin ko.

"Next time na lang, inaantok pa ako." sagot ko at batid kong natigilan siya. Ipinikit ko muli ang mga mata ko at naramdaman ko ang paggalaw niya.

Palihim akong sinilip kung anong ginagawa niya ngunit nung makita kong naglalakad na siya papalapit sa pintuan ay agad akong bumalikwas ng bangon at agad siyang napalingon!

"Tsk! Badtrip!" malakas na singhal ko at inis na kinamot ang ulo. **"Minsan ka na nga lang matulog ng mahaba haba ay *inabala* ka pa!"** pagdidiin ko pa at kumunot naman ang noo niya **"Sige na! Hintayin mo na lang ako sa baba! Tsk--"**

"Magdala ka ng pang-isang linggong damit."

"H-Ha?!"

"Magdala ka ng pang-isang linggong damit--"

"Bakit?!"

"Sa Palawan tayo pupunta." sagot niya at iniwan akong nakanganga.

Palawan!? A-Anong gagawin namin sa Palawan?

Taka akong sinulyapan pang muli ang dinaanan ni Taguro at saka kakamot kamot ng ulong kumilos.

Sinadya kong bagalan ang pagligo ko. Lalo kong binagalan pa nung nag-aayos na ako ng mga dadalhin kong gamit. Ultimong ang pagsusuot ko

mula boxers hanggang sa sapatos ko ay sadyang binagalan ko.

~KNOCK! KNOCK!~

Bakas ang galit at inis sa malakas na katok na 'yon!

Bumukas ang pinto at gusto kong pumalakpak sa tuwa nung makita ko ang nagsusuntukang mga kilay ni Taguro!

Yan.. namnamin mo ang paghihintay, Taguro..

Nagpanggap akong abala sa pag-aayos ng gamit sa maleta ko. Pumasok siya at tumayo sa harapan ko.

"Tss, kung alam ko lang ay bukas na lang sana ako pumunta." dinig kong bulong niya na lalong nagkrus ang mga braso.

"Hah! Wow! Alam mo ba kung gaano kabilis ang naging pagkilos ko!?" inis na tanong kunwari sa kaniya at napabuntong-hininga naman siya. Sinulyapan ko siya at iniiwas niya ang paningin niya, napangiti pa ako nung makitang sa Teddy Bear siya nakatingin. **"Nakikita mo ba 'yan??"** tanong ko.

"M-Mmm." tumango pang sagot niya at animong nag-aabang ng sagot.

Ngumisi ako ng pagkatamis tamis sa kaniya at nakita ko ang pagkinang sa mga mata niya.

"Hindi sa'yo 'yan." madiing sagot ko at nawala ang mga ngiti sa mukha niya.

"Sige na, bilisan mo na d'yan, kanina pa naghihintay 'yung taxi sa labas." aniya na tinalikuran ako.

"Bakit tayo magtataxi?" habol ko.

"Dahil walang maghahatid sa'tin sa Airport." walang emosyong sagot niya. **"Bilisan mo na dahil alas dose ang flight natin, two hours before that dapat ay nandoon na tayo--"**

"Magpapaalam na muna ako kila Mom--"

"Nagawa ko na, alam nila kung saan tayo pupunta at pumayag rin sila. Tawagan mo na lang daw sila from time to time."

Gulat akong napatingin sa kaniya. Hindi niya na ako pinansin pa at saka tuluyang lumabas ng kwarto ko. Dali dali kong isinara ang maleta ko at bumaba na rin

Umalis sila?! Saan naman sila pumunta?!

Kinuha ko ang cellphone ko at idinial ang number ni Mommy pero nakapatay. Sinubukan ko ang kay Daddy pero nakapatay rin.

"Manang??" tawag ko pa dito habang idinadial ang number ni Noona.

"Wala rin siya."

"A-Ano?!" hindi makapaniwalang tanong ko na hinarap pa si Taguro.

"Tayong dalawa lang ang nandito, Sensui."

Natigilan akong napatitig kay Taguro, deretso siyang nakatingin sa'kin at masiyadong seryoso ang mukha niya.

"S-Saan sila pumunta? Bakit hindi sila nagpaalam sa'kin?!" inis na tanong ko.

"Hinihintay na tayo ng taxi." sagot niya at saka tinalikuran ako. **"Hihintayin kita don."** dagdag niya pa dahilan para makaramdam ako ng matinding *INIS*!

"H-Hindi na!" sigaw ko at natigilan siya. **"Hindi na ako sasama. Umalis ka na lang mag-isa."** dagdag ko pa at saka naupo sa sofa. Gulat naman siyang tiningnan ako. **"Nawalan ako ng ganang umalis."** dagdag ko pa na iniiwas ang paningin ko sa kaniya.

"Para sa'yo 'to kaya sumama ka." pormal na tugon niya pero hindi ako nagpatinag.

"Hindi na, hindi ako nakapagpaalam ng ayos sa kanila kaya ayokong umalis dito. Baka mag-alala

Wow! Babae ka, Deib!? Tch

Lumapit siya sa'kin at hinawakan ang maleta ko.

"Sumama ka, hindi ako tatagal doon ng wala ka." seryosong sambit ni Taguro at gusto kong matawa! Sarkastiko akong ngumisi sa kaniya!

"E nasanay na nga ako ng wala ka---tapos sasabihin mo sa'king hindi ka tatagal doon ng wala ako?! Patawa ka!" tumatawang sambit ko at natigilan naman siya, inagaw ko ang maleta ko mula sa pagkakahawak niya. **"Sige na, mauna ka na don, susunod ako."** utos ko at lumabas naman siya.

Napabuntong-hininga ako ng malakas.

Ang lakas ng loob magsalita. Tch.

Ipinatay ko ang lahat ng switch at saka ko ini-lock ang pinto ng buong bahay. Nung marating ko ang taxi ay inilagay ko lang ang gamit ko sa compartment.

Nung makita kong nasa likuran na si Taguro ay sinadya kong maupo sa unahan.

"Let's go." baling ko pa sa driver at mabilis niyang pinaandar 'to.

Hindi ko nilingon si Taguro ngunit alam kong nagulat siya sa ginawa ko at wala akong pakialam.

Nung marating namin ang Airport ay sinadya ko ring magpaumunang maglakad sa kaniya. Hanggang sa makaupo kami sa kani-kaniya naming upuan sa eroplano. Nauna pa rin akong maupo sa kaniya kahit siya ang nasa tabi ng bintana.

Kahit na pilit kong pinapakitunguhan siya sa malamig na paraan ay hindi ko pa rin maiwasang matuwa dahil ngayon ko lang siya makakasabay sa eroplano.

"Deib." dinig kong tawag niya pero inihilig ko agad sa kabilang side ang ulo ko.

"Matutulog muna ako, mamaya mo na ako kausapin." malamig na tugon ko at saka pumikit.

"Sir, Ma'am, we're here." dinig ko ang boses ng isang babae kaya naman iminulat ko ang mga mata ko at..

Nanlaki pa ang mga mata ko nung makita kong nakahiga na ako sa balikat ni Taguro! Napahilamos ako sa mukha ko at saka tumango doon sa babae.

"T-Taguro." panggigising ko sa kaniya na tinusok tusok pa ang pisngi niya. Agad siyang kumilos at tumingin sa'kin. **"Sa susunod, d'yan ka sa bintana sumandal para hindi ka nakakatulog sa balikat ko. Tch!"** singhal ko sa kaniya at natigilan siya. **"Nandito na tayo, bilisan mo."**

Pinangunahan ko na naman siyang maglakad hanggang sa makalabas kami ng Airport. Nakangiting sinalubong ko ang masarap na ihip ng hangin!

"Bagay!"

Si Mang Pitong..

Napatingin ako sa kaniya at bakas ang tuwa sa mukha niya nung makita kami. Sabay kaming tinanguan siya ni Taguro.

"Akalain mo nga namang ganito kaaga darating ang bagay na inaasahan ko??" nakangiting ani Mang Pitong na sa akin nakatingin. **"Halika na kayo."** anyaya niya at saka kinuha ang mga gamit namin ni Taguro.

Sumakay kami sa kotse na dala ni Mang Pitong pero ngayon ay pareho kaming nasa likod ni Taguro dahil si Mang Pitong ang nasa unahan at may kasamang driver.

"Aba e, akala ko'y matatagalan pa ang pagbalik ninyo dito, ano Maxpein??" baling ni Mang Pitong kay Taguro. **"Hindi ko inaasahan ang pagdating ninyo sa totoo lang, hahahaha! Napakasayang bakasyon nito**

kapag nagkataon." dagdag niya at saka bumaling sa'kin at kakaiba ang mga kislap sa mga mata niya kaya napalunok naman ako. **"Sinabi ko na nga ba't pagbalik mo dito ay--"**

"Hehehe, salamat po!" pagpipigil ko sa kaniya na agad niya namang nakuha at tumango tango pa.

Tulad ng dati ay sumakay pa muna kami sa yate bago marating ang lugar doon nila Taguro. Kanina pa lang sa bahay ay nagugutom na ako, lalo na ngayon dahil alas dos na at hindi pa kami kumakain ni Taguro! Alam ko kung gaano pa katagal ang byahe kaya nanlumo ako.

Hindi ko makita sa paligid si Taguro kaya naman pumunta ako sa baba ng yate. Nakita ko siyang nakahiga sa maliit na kama doon at gamit ang sariling braso bilang unan. Bahagya niyang iminulat ang mga mata niya at natinag ako mula sa pagkakatitig sa kaniya.

"Dito ka." aniya na pinagpag ang tabi niya.

"Hindi na, nakatulog na ako kanina--"

"Hindi ko sinabing matulog ka, ang sabi ko--dito ka."

Huwag kang magpapadala sa mga ganiyan niya, Deib. Kailangang maipakita mong wala ka ring interes! Na tulad niya ay kaya mo rin ng hindi siya katabi maya't maya!

"Ayos lang ako dito." sagot ko at saka ako naupo sa makipot na upuan na nandoon. Nung may makita akong ref ay saka ako muling tumayo at lumapit doon.

Nagliwanag ang mukha ko nung makita kong may bread at cream doon.

Nilingon ko si Taguro at seryosong nakatingin pa rin siya sa'kin.

"N-Nagugutom ako." nakangusong sabi ko at nangiti naman siya.

Bumangon siya at lumapit sa rin sa maliit na ref na 'yon. **"Kainin mo na 'yan."** alok niya pa saka nilingon ako. **"O susubuan pa kita?"** tanong niya at iniiwas ko naman ang paningin ko.

Kinuha ko ang bread at cream doon saka ako pumunta sa maliit na table rin na nandoon at naupo. Maya maya lang ay naramdaman ko ang naging pagsunod niya.

"Here, inumin mo." aniya pa at naramdaman ko ang pagdikit niya sa likuran ko.

Batid kong naramdaman niya ang pagtaas ng mga balikat ko nang magulat ako sa biglaang paghawak niya sa mga ito. Hindi ko na siya pinansin at nagsimula akong kumain kahit pa parang unti-unting nawawala ang gutom ko dahil nangingibabaw ang kaba ko.

Ngunit lalo akong nahinto sa pagnguya ko nung biglang yumakap siya sa balikat ko at naramdaman kong ipinatong niya ang ulo niya sa tabi ng mukha ko. Hindi ako nagpahalata at itinuloy lang ang marahang pagnguya.

"A-Ang cold ng treatment mo sa'kin, nahihirapan ako." marahang bulong niya.

"Hindi ako galit." sagot ko.

"'Yan ang sinasabi mo pero iba ang ipinaparamdam mo."

"Okay."

"Kung hahalikan ba kita ay mawawala ang galit mo?"

Natigilan ako at hindi naituloy ang pagnguya. Hindi ako nakapagsalita.

"Sa tingin ko ay hindi." dagdag niya.

Peste!

Inalis ko ang braso niya sa balikat ko at saka ako nagtuloy sa pagkain.

"K-Kumain ka na lang kung gusto mo, 'wag mo kong dikitan." malamig pa ring sambit ko at saka siya naupo sa tabi ko. Kabaliktaran ng pagkakaupo ko.

"Deib." mahinang tawag niya pa sa'kin pero hindi ko siya nilingon. **"Hindi tayo mag-eenjoy dito kung ganiyan ng ganiyan ang treatment mo sa'kin, 'wag ka namang ganiyan. Bumabawi na nga ako sa'yo e--"**

"Oo, isinusumbat mo na nga rin ngayon e, 'no?" sarkastikong tanong ko at napabuntong-hininga siya. **"Salamat sa pagbawi, ginutom ako."** mapang-asar pang dagdag ko.

"H-Hindi ko naman kasi alam na tulog ka pa pagpunta ko--"

"Dahil pwede ka namang magtext pero parang hindi mo magawa!" inis na singhal ko sa kaniya. **"Ni hindi ka man lang nga nag-abalang sabihin sa'kin kung saan ang punta natin dahil hindi mo ugaling magsalita!"** inis talagang sigaw ko at natigilan siya. Kahit ako ay hindi ko alam kung saan nanggagaling ang inis na nararamdaman ko.

"S-Sorry." mahinang tugon niya pero hindi ko pa rin siya nilingon.

Tumayo siya at muling pumunta sa kama at nahiga tulad ng posisyon niya kanina. Dali dali kong tinapos ang pagkain kong naparami rin at saka ako tumayo upang lumabas.

"Mainit don, dito na lang." biglang pigil sa'kin ni Taguro at nilingon ko naman siya. Nabuksan ko na ang pinto kaya naman nilingon ko ang labas.

Sobrang init nga at nakakasilaw. Napabuntong-hininga ako at saka muling isinara 'yon. Papaupo na ako sa makipot na sofa'ng nandoon nung pagpagin muli ni Taguro ang tabi niya habang nakapikit pa rin siya.

Kaya naman iiling-iling akong naupo doon sa tabi niya, nakita ko pa kung paanong gumala ang kamay ni Taguro hanggang sa mahawakan niya ang kamay ko. Taka pa akong tumitig doon.

Tch, ano ba ang ginagawa niya!?

Inilapit niya ang kamay naming maghawak sa mukha niya at napangiti siya. Dahan dahan niyang iminulat ang mga mata niya at nagtama ang paningin namin.

Tch.

Nahiga ako sa tabi niya ngunit medyo malayo pa rin sa kaniya, hawak niya pa rin ang kamay ko. Sa kisame lang ako tumingin.

"Bakit ang sungit mo?" tanong niya at hindi naman ako sumagot, nadinig ko pa ang pagbuntong-hininga niya. **"Matagal tagal mo akong makakasama dito, hindi ako tatagal sa ganiyang pakikitungo mo."**

Kaya gumawa ka ng paraan para mawala ang init ng ulo ko.

Ipinikit ko ang mga mata ko at hindi na nagsalita. Naradaman ko na lang ang paggalaw niya at ng imulat ko ang mga mata ko ay nakadungaw na siya sa'kin! Hindi ko na napigilan ang sarili kong magulat.

"A-Ano ba'ng g-ginagawa mo?" tanong ko.

"Namimiss na kitang titigan ng ganitong kalapit." mahinang tugon niya kaya bumangon ako at napaiwas siya.

"Pero hindi kailangang ganiyan kalapit.." iwas ko saka huminga ng malalim.

"Okay." sagot niya at saka muling hinawakan ang kamay ko. **"Matulog muna tayo, malayo pa tayo."** aniya at saka nahiga at hinila ang kamay ko.

Napahiga naman ako at gulat pa akong makitang nahiga siya sa braso ko. Napapalunok na napatitig na lang ako sa mukha niya ngunit hindi na siya muling gumalaw pa.

Tch! Napakamanhid mo talaga! Akala ko ba ay hahalikan mo ako araw-araw! Hindi ka lang manhid! Sinungaling ka na rin!

Ipinikit ko ang mga mata ko kaya naman hindi ko namalayang nakatulog na pala ako.

Naramdaman ko ang pagbukas ng pinto kaya naman nagising ako.

"Bagay.." marahang tawag ni Mang Pitong at naiangat ko naman ang paningin ko sa kaniya. Bumungad ang malawak na ngiti sa mukha niya. **"Nandito na tayo."**

"A-Ah, opo." sagot ko at saka bumaling kay Taguro'ng animong pagod na pagod sa himbing ng tulog. **"Taguro.. Taguro.."** inuga-uga ko pa ang

balikat niya at marahang nagmulat siya. **"Nandito na daw tayo."** sabi ko pa at saka siya bumangon at luminga.

Mabilis kaming kumilos at kaniya-kaniyang nagbuhat ng gamit. Bumaba ako at namangha na naman sa magandang tanawin.

Inilahad ko pa ang magkabilang braso ko at nakapikit na sinalubong ang masarap at preskong hangin habang nakatayo sa buhangin.

"Kyaaa!"

"Deib!"

"Dre!"

"Omo! Baby!"

Agad kong naimulat ang mga mata ko at naituon ang paningin sa harapan ko!

"W-What the.." naiusal ko pa sa pagkagitla!

Kitang kita kong naglalakad papalapit sa'kin sina Daddy, Mommy, Lolo, Noona, Randall, RD at Manang. Kasunod nila ay sina Tob, Michiko, Lee, Parrot, Maxwell, Yaz, Maxrill, Migz at BJ!

Anong ginagawa nila dito?!

"Welcoooome baccck!" sigaw pa ni Parrot dahilan para matigilan ako!

"Huk!" sambit ko pa nung biglang tumakbo payakap sa'kin si Tob!

"A-Anong ginagawa niyo dito?!" gulat na tanong ko. Ngumiti lang sila sa'kin at hindi sumagot!

Lahat sila ay lumampas ang tingin sa'kin kaya naman lumingon ako sa likuran ko at nakita ko ang nakangiting si Taguro.

"Noona!" dinig ko pang tawag ni Maxrill ngunit 'di ko na siya nagawang lingunin pa!

Napako ang paningin ko kay Taguro at tumingin rin siya sa'kin.

Plinano niya ba 'to?!

"Maxpein!" sigaw pa nila sa kanila.

Nagsimula silang magsipaglapitan sa kaniya at ako'y naiwang nakatingin sa kaniya.

"Excited ka na ba sa vacation trip natin??" nadinig ko ang isang pamilyar na boses sa tabi ko at nung lingunin ko ay si Maxwell.

"M-Maxwell."

"Mukhang hindi pa rin kayo okay ng kapatid ko, ah?? Hehehehe. Paniguradong uusbong na naman ang nararamdaman mo dito." dagdag niya pa saka ngumisi at lumapit kay Taguro.

Hindi ko maipaliwanag ang mararamdaman ko. Hindi ko inaasahang nandito lahat ang mga 'to! At batid kong ako lang ang hindi nakakaalam na mangyayari 'to!

Tch! A-Ano naman ang plano niya?! Ito na ba 'yung pagbawi na sinasabi niya?

Agad kaming pumasok sa Hotel at tulad ng dati ay kaliwa't kanan ang naging pagbati sa amin ng mga staff. Magkakasama rin kaming umakyat sa 8th Floor kaya naging maingay ang Hallway.

"Ang ganda pala talaga ng lugar ninyo dito, Max!" dinig kong ani Tob. Magkasabay kami ni Taguro maglakad habang hila hila ang kani-kaniyang maleta.

"Sa Lolo't Lola namin 'to, hehehe." sagot ni Taguro saka siya bumaling kay Maxwell. **"Saan ang kwarto ko?"**

"Mm, dahil bakasyon.. naubusan tayo ng room. Maraming visitors, tourists at special guests. Sasama kayo sa'min sa Executive." tugon ni Maxwell. Sumunod ako sa kanila hanggang sa marating namin ang dulo ng Hallway. **"We're here."** dagdag niya saka binuksan ang suite.

Mas malaki kumpara sa dati naming suite noong unang punta namin dito, ngunit sentrong sentro ang dagat sa veranda nito. Nagkaniya-kaniyang pasok sa kwarto 'yung mga kasama namin maliban kila Mommy at Daddy na naiwan sa harap namin.

"Woi." si Taguro, nilingon ko naman siya. **"Nagugutom ka, 'di ba? Kumain na muna tayo."** yaya niya pa at napailing naman ako.

"Okay lang ako." sagot ko at saka inalis ang sapatos ko.

"Son, sige na. Niyayaya ka ng girlfriend mo." ani Dad at nginitian ko lang siya.

"K-Kumain ako kanina sa yate nila, gusto kong magpahinga." malamig na sagot ko at palihim na sinulyapan si Taguro pero nasa iba ang kaniyang paningin.**"Mommy, saan ang room natin?"** baling ko kay Mom at nakangiti naman siyang nilingon ako.

"Don't you want to join Maxpein?" nanunukso ang tingin na tanong ni Mommy at napaatras naman ako sa gulat.

"M-Mom?" utal pang bulong ko.

"Oh? What's the problem? Yiiiee, don't worry, I trust you." bulong niya pa. **"And besides, marami kayo dito sa room niyo. You're with your friends."** tatangu-tangong dagdag niya pa at gulat naman akong nilingon si Taguro. Nagkibit-balikat lang siya sa'kin.

"No." sagot ko at natigilan silang tatlo. **"Dito na lang ako matutulog."** sabi ko pa at saka nahiga sa mahabang sofa.

Tch! Nung malaman nilang buntis si Noona ay halos paghiwalayin nila kami ni Taguro! Ngayong nanganak na ay pwede na?! Kalokohan!

Ipinikit ko ang mga mata ko at ilang saglit pa ay naramdaman ko ang maingay na pag-alis nila. Sadyang hindi ko na iminulat ang mga mata ko para naman isipin nilang tulog na talaga ako.

Nung wala na akong marinig maski isang kaluskos ay saka ko iminulat ang mga mata ko.

"A-Anong ginagawa mo pa dito?!" inis na tanong ko kay Taguro nung makita kong nakaupo siya sa single sofa at nakatingin ng deretso sa'kin!

"Ikaw ang gusto kong makasama, hindi sila." walang emosyong sagot niya at natigilan naman ako. **"Matulog ka na, babantayan kita."**

"H-Hindi na." sagot ko at saka ako bumangon. **"B-Bababa na lang ako, kakain akong mag-isa."**

"Sasamahan na kita."

"'Wag na."

"Bakit ka ba ganiyan sa'kin?" parang iritable ng tanong niya at bumuntong-hininga naman ako.

"Pabayaan mo na muna ako."

Hindi siya sumagot.

Tumayo ako at inayos ang buhok ko. Isinuot ko ang shades ko at palihim na sumulyap sa kaniya. Napahilamos siya sa mukha niya at saka siya tumayo. Nagdere-deretso papalabas ng pinto at pabagsak na isinara 'yon!

A-At siya pa ang galit?!

Hindi na ako bumaba at nagstay na lang ako sa kwarto, lumapit ako sa ref at nagtingin kung may pagkain doon pero nabigo ako.

Tsk! Nagugutom na ako! Kasasabi niya lang na mahal niya ako pero--tsk, napakamanhid!

"Wala talaga siyang pakialam sa'kin." inis pang bulong ko sa sarili at saka ako lumabas ng veranda. Mula doon ay tanaw na tanaw ko sila Parrot na masayang kalaro 'yung iba pa naming kasama.

~DING! DONG!~

Gulat akong napalingon sa pinto nung biglang may magdoorbell doon. Agad naman akong lumapit at binuksan ang pinto.

"Mayad na hapon!" bati ng isang babae at napatingin naman ako sa service trolley na dala niya. **"In-order po ni Miss Maxpein para kay Deib**

Lohr Enrile." dagdag niya at natigilan naman ako. Nilawakan ko ang pagkakabukas ng pinto ko at pinanood siyang ipasok ang mga 'yon at iayos sa table.

"K-Kailan niya in-order 'yan?" takang tanong ko. **"K-Kaalis-alis niya lang kasi dito."**

"Kanina pa po, 10 minutes ago."

"A-Ah." tatangu-tangong sambit ko at nilingon ang mga 'yon. Agad na nangalingasaw ang bango ng pagkain gayong may takip ang mga 'yon. **"S-Salamat."** nakangiting dagdag ko pa at tumango naman siya.

"Enjoy your meal, Sir."

"Thank you." sagot ko pa at saka muling isinara ang pinto.

Naging marahan ang paglapit ko sa table kahit pa gutom na talaga ako. Napapangiting binuksan ko 'yon isa-isa at halos mapapikit ako sa bango ng mga ito.

Pinagkuskos ko pa ang dalawang kamay ko at saka ako naupo. May napansin akong maliit na papel kaya naman kinuha ko 'yon at binasa.

"This is Clove Chicken, Parmesan Crusted Chicken, Chicken Scallopine with Fried Rice, for my Babe. I love you. -Taguro."

Napangiti ako sa mensaheng 'yon pero agad rin akong napangiwi.

Kung sinabayan mo ko ay okay na sana tayo ngayon. Tch! Kababae mong tao ay ikaw pa ang nanunuyo ng lalaki! Tsk!

Natawa rin ako sa isiping 'yon at 'di na kinaya ang gutom ko.

"AH!" dighay ko nung matapos kong kumain. Hinimas himas ko pa ang tiyan ko at saka ako tumayo at pumunta sa veranda. **"Grabe, ang sarap magmahal ni Taguro! Hahahaha! Bawat subo may kasamang puso! Hahahaha!"** natatawang sambit ko pa at saka tinanaw ang dumidilim ng kalangitan. **"Paano pa ako makakapag-dinner nito e halos ikinain ko na ang pang-isang buong araw ko?! Tch!"**

~KLAK!~

Napasilip ako sa pinto at nakita kong pumasok doon si Parrot kasunod ni Taguro.

"Wala yata siya dito." dinig kong sabi ni Parrot at natahimik naman si Taguro.

Wala sa sariling napatago naman ako sa gilid upang 'di nila ako makita. Isinara ko ang sliding door ng veranda nung pumasok ako dito kanina.

"Saan naman nagpunta 'yon?" dinig kong tanong pa ni Taguro at napanguso naman ako.

"Pero.." dinig kong ani Parrot kasunod ng kalinsingan ng mga pinagkainan ko. **"..mukhang naubos ng mokong! Hahahaha!"**

Tch!

"Tss, ganiyan siya kagutom?"

"E bakit naman kasi hindi mo pinakain?"

"N-Nawala sa isip ko e."

Dahil wala kang pakialam sa'kin!

"Grabe ka, Max!"

"Tss. Saan naman nagsuot ang payatot na 'yon? Pagod ako at gusto ko siyang makita."

Saan naman siya nanggaling?

"Ano naisa-ayos mo ba lahat??" dinig kong tanong ni Parrot at hindi naman sumagot si Taguro. **"Kyaaaaah! Exciting 'yan! Ano kayang magiging reaksyon niya?! Excited na ako!"**

"Tss. Hindi naman 'yon para sa'yo kaya 'wag kang ma-excite." mapang-asar ang tonong ani Taguro. **"Tatawagan ko muna siya."**

Dali dali kong kinuha sa bulsa ko ang cellphone ko at ipinatay 'yon!

"Naka-off!" inis na ani Taguro at nangiti naman ako.

"Saan naman pumunta 'yon?"

"Tsk. Sinasabutahe niya ang plano ko."

Anong plano?

"Hindi pa rin ba kayo okay?" tanong ni Parrot at matagal bago nakasagot si Taguro.

"Ang cold ng treatment niya sa'kin simula pa nung dumating ako."

"Intindihin mo na lang muna, Max. Sabi ko naman sa'yo, hindi madali ang pinagdaanan ni Deib nung wala ka."

"Alam ko at hindi mo na kailangang ulit-ulitin pa." malakas pa siyang bumuntong-hininga. **"Pero 'wag naman sana ngayon.."**

"A-Ayun lang.. hindi niya ba alam?"

"Hindi."

"Bakit hindi mo sinabi?"

"Tss, hindi ko naman ugaling magkwento."

"E teka.. pano 'to?! Mukhang naubos niya ang pagkain na in-order mo para sa kaniya?! Paniguradong busog na 'yon!" ani Parrot at hindi ko na narinig na sumagot pa si Taguro.

Ano bang pinag-uusapan nila?

Batid kong ako ang tinutukoy nila pero..

Ano 'yung hindi niya sinabi sa'kin?

Kung anu-anong tanong ang nabubuo sa isip ko pero walang ideya na pumapasok maski isa!

Nung marinig ko ang paglabas nila ay saka ako dahan dahang sumilip at nung makita kong wala na sila ay saka ako pumasok sa loob. Dumeretso ako sa kwartong itinuro ni Maxwell na gagamitin namin ni Taguro at saka ako lumapit sa gamit ko. In-ON ko muna ang cellphone ko bago ako maging abala sa pagpili ng isusuot ko.

~RING! RING!~

Napatingin agad ako sa cellphone ko nung biglang mag-ring 'yon.

~ ♥ Taguro ♥ Calling. . .~

'Tch! Sa wakas.. nakaramdam rin.'

"Mmm?" sagot ko.

"Where are you?"

"Why?"

"I'm looking for you."

"I'm busy." sagot ko at ibinaba ang linya.

~ ♥ Taguro ♥ Calling. . .~

Ganiyan nga, Taguro.. ganiyan nga..

"Ano ba?!" inis kunyaring sagot ko.

"Bakit mo ko binabaan?!" inis ring tanong niya.

"Sinabi ko na ngang busy ako!" galit kunyaring tugon ko.

"Nasaan ka ba?!"

"Bakit ba kasi?!"

"Gusto kitang makita!"

"T-Tch! Ayokong makita ka. Makipagkita ka sa sarili mo mag-isa!" sagot ko at natahimik siya. **"S-Sige na, may gagawin ako--"**

"Deib.."

"Oh?"

"'W-Wag ka namang gan'yan, ano ba?"

"Ano??"

"Bakit ba ganiyan ka sa'kin?"

"Ano ba ako?"

"Tsk.." singhal niya kasunod ng buntong-hininga.

"May gagawin ako, mamaya mo na ako abalahin--"

"So abala na ako ngayon?" tanong niya at ako naman ang natigilan. **"Sige."** aniya at saka ibinaba ang linya.

Nakangusong pinagmasdan ko pa 'yon at saka ko pabatong inilapag sa kama.

Pumili ako ng damit ko at saka ako mabilis na naligo.

Pagkakaba ko sa lobby ay doon ko lang tinawagan si Lee.

"Mmm, Deib?" sagot niya sa tawag ko.

"Nasaan kayo?" tanong ko, dinig ko ang malakas na halakhakan sa linya nya at ang tawa ni Tob ang siyang pinakamalakas.

"Bumaba ka na dito, nandito kami sa harap ng dagat."

"Papunta na ako."

"Okay, bye." aniya at ibinaba ang linya.

Nandoon na kaya si Taguro.

Napapaisip na lumabas ako ng Hotel at saka hinanap ang mga kasama ko.

Agad ko rin naman silang namataan at saka ko sila nilapitan.

Nandoon ang lahat ng mga kaibigan namin. Maliban kila Mommy, Daddy, Lolo, Manang, Noona at RD. Pero wala rin sila Taguro at Parrot!

Nasaan na naman kaya 'yun!?

Maraming tao ang nandoon bukod sa amin. May mukhang turista at ang iba ay may lahi pa.

Kunot-noong lumapit ako kay Lee na nakamasid sa mga kasama naming masayang naglalaro ng tubig sa dagat. Si Maxrill ang pinakatuwang tuwa sa kanilang lahat.

"Oh, ang tagal mo naman?" si Randall, nginitian ako lang siya. **"Hindi ka ba lalangoy?"** tanong niya na tiningnan pa ang kabuuan ko.

"Mmm, maya maya siguro." sagot ko.

Nasaan na ba kasi si Taguro!

Gusto kong tanongin si Maxwell pero mukhang abala siya sa pakikipag-asaran kay Yaz.

"Woooow!" biglang sumigaw si Migz. **"Ang taray ng outfit mo, teh!"** nanlalaki ang mga matang dagdag niya at sabay sabay naman kaming napalingon sa likuran.

Ramdam na ramdam ko ang panlalaki ng mga mata ko nung makita ko si Taguro na nakasuot ng isang see through halter dress na puti! Dahilan para tumambad ang buong katawan niya na tanging two-piece swim suit ang suot!

Napapangangang sinundan ko siya ng tingin habang papalapit sa mga kasama namin!

"Woooooh!!" nagsipagsigawan ang mga kasama namin at ultimong si Maxwell ay natuwa sa itsura niya!

Napapikit pa ako at naiiwas ang paningin ko nung nagsimula silang tuksuhin siya!

"My God, ang sexy mo, Max!" ani Michiko na namamangha!

"Teh, in fairness, may hubog babae kahit may mukhang panglalaki!" biro naman ni BJ.

Bakas sa mukha ng lahat ang pagkamangha sa itsura niya lalo na sila Lee, Tob at..

Pesteng, Randall!

"Hahaha! Whew!" namamanghang ani Randall dahilan para lalo akong mainis!

Nakalapit na siya kila Michiko at may dalawang dipa ang layo niya sa'kin! Nagsisimula na siyang pagtinginan ng ibang mg taong nandoon at bakas rin sa mga itsura nila ang pagkamangha sa kaniya! Lumapit ang lahat sa kaniya at naiwan kami ni Randall.

Tch! H-Hindi naman sobrang ganda! I-Inuuto lang nila siya! M-Maganda ng pero.. h-hindi magandang maganda! Mga sinungaling!

"Ano, bro??" nakangising baling sa'kin ni Randall at sinamaan ko naman siya ng tingin. **"Sigurado ka bang mamaya ka pa lalangoy??"** natatawa pang tanong niya at iniiwas ko naman ang tingin ko sa kaniya.

Ngunit inis akong sinundan siya ng tingin nung biglang lumapit siya kay Taguro at paulanan ng papuri ito!

Tch! 'Yan ba ang natutunan niya sa kahahanap niya sa sarili niya?! Peste!

Ni hindi man lang ako nilingon ni Taguro at aaminin kong nababadtrip ako dahil don! Hindi ko maialis ang paningin ko sa kaniya at aaminin ko ring napakaganda niya!

Pero bakit kailangan niyang magpaganda sa harap ng iba! Imbes na sa'kin siya lumapit ay mas inuna niya pang magpa-cute sa iba! Bahala ka sa buhay mo--hindi mo ko maakit sa pa-ganyan ganyan mo! Tomboy!

Inis akong isinalampak ang sarili ko sa buhanginan at palihim na sumusulyap kay Taguro na mukhang nag-eenjoy sa mga papuring natatanggap niya!

Kapag hindi ka lumapit sa'kin--lulunurin talaga kita! Salubungin mo lahat ng isda! Damn you!

"Ang sama naman yata ng mukha mo?"

"M-Maxwell.."

"Hahahaha! Bakit hindi mo lapitan?? Dinidikitan na ni Randall, oh." inginuso niya pa ang mga 'to.

"B-Bahala siya sa buhay niya." pilit kong 'di pinakitaan siya ng interes.

"Tsk tsk tsk. Kung ang kasal nga ay naaagaw pa--mas lalo na ang ikakasal pa lang." makahulugang aniya pa kaya mas sinamaan ko naman siya ng tingin.

"Oh, e anong gusto mong sabihin?!"

"Ex-lovers can never be friends, they say." tatangu-tangong aniya pa pero iniiwas ko lang ang paningin ko.

"May isip na siya at sariling desisyon, nasa sa kaniya na 'yon." pigil ang inis na sagot ko.

"Aren't you jealous?" sarkastikong tanong niya at nilingon ko naman siya. Nakatingin siya sa kanila kaya tumingin na rin ako sa kanila!

Nanlaki ang mga mata ko nung makita kong nakahawak pa si Randall sa bewang ni Taguro habang magkakasama silang nagpapapicture kay Michiko!

"Oh, kayo naman!" sigaw pa ni Parrot na kinuha ang Camera kay Michiko at siya naman ang kumuha!

Inis lalo akong iniiwas ang paningin ko!

May maliit na kirot iyong idinulot sa dibdib ko.

Alam mo namang ayaw na ayaw ko ng lumalapit ka kay Randall pero ginagawa mo pa rin, tsk tsk.

"Alam niya naman lahat ng ayaw ko e." pilit nagpapakapormal na tugon ko at natitigilang nilingon ako ni Maxwell. **"Nasa sa kaniya na 'yon kung babalewalain niya o susundin niya."**

Hindi ko na sila muling nilingon pa. Lumapit ako sa case ng beer na nandoon at agad na nagbukas ng isa.

"Are you allowed to drink?" tanong pa ni Maxwell at tumango naman ako. **"Nice, let's drink."** yaya niya pa at saka kumuha ng kaniya.

Sinadya kong iiwas ang paningin ko upang 'di ko sila makita. Hindi ko na kailangang tingnan pa sila dahil dinig ko naman na nag-eenjoy sila!

Maya maya pa..

"Hahahaha! Dahan dahan naman sa pag-inom, Deib. Hindi tubig 'yan." saway sa'kin ni Maxwell dahilan para mapatingin ako sa mga boteng 'yon na nasa harap ko. Nakaka-apat na bote na pala ako.

"Swimming naman tayo!" biglang yaya ni Yaz at sabay kami ni Maxwell na napalingon sa kaniya.

Doon ko lang napansin na naka-swimsuit silang lahat maliban sa'kin na nakashorts at t-shirt lang!

"Dre!" tawag sa'kin Tob at nilingon ko siya dahilan para mahagip ng paningin ko si Taguro. **"Tara na dito!"**

"Kayo na lang!" sigaw ko na itinaas pa ang bote ng beer ko.

Hindi man lang ako nilingon ni Taguro na abala sa pagpapapicture kasama ni Lee!

Pesteng buhay 'to, nakakasawa na! Bumalik nga siya pero papatayin niya ako sa kunsumisyon!

Nilingon ko si Taguro at siya naman ang may hawak ng Camera, pumwesto ang lahat sa dagat at siya ang kumuha.

Umatras siya ng umatras sa buhanginan hanggang sa may mabunggo siyang lalaki! Muntik na siyang ma-out of balance kaya inalalayan siya nang lalaki makatayo ng ayos!

Naglalandi na talaga, tsk.

"Are you okay, Miss? I'm sorry." paumanhin nong lalaking nakabunggo sa kaniya na wala man lang ibang maganda kung hindi ang height niya!

Tumango at ngumiti lang si Taguro sa kaniya!

Sinabi ng 'wag ngingiti sa harap ng iba! Ang kapal ng mukha nitong babaeng 'to, nandito ako? Ganiyan kalakas ang loob niyang um-arte ng ganiyan?!

"Y-You look good." pasimpleng papuri pa nung lalaki at mas lumawak pa ang ngiti ni Taguro!

I'll kill you!

Hindi ko na napigilan ang sarili ko! Tumayo ako at hinila sa braso si Taguro! Gulat naman siyang napatingin sa'kin!

"Ang taray! Live show!" dinig kong sigaw ni Migz.

Nakatingin sa'kin ang lalaking nakabunggo ni Taguro ng may pagtataka kaya nginisian ko siya!

"She's my girl." pilit ang ngiting sambit ko at napapahiyang tumango naman siya at naglakad papalayo.

Nanggigigil akong hinarap si Taguro!

~PLOK!~

"What do you think you're doing, huh?" tanong ko matapos pitikin ang noo niya! **"Tingnan mo nga ang sarili mo--akala mo maganda?!"** sigaw ko at natigilan siya!

"Ang s-sama ng ugali mo.." malungkot at nakangusong sambit niya at parang kinurot naman ang dibdib ko pero hindi ko siya pinansin. **"Sinuot ko nga 'to p-para sa'yo e.."** pang-uuto niya pa!

"Wow! Para sa'kin pero imbes na ako ang lapitan mo--nagpacute ka pa ng todo?? Nakaka-*TOUCH*, Taguro! Aylabyu!" mapaklang sigaw ko pa sa kaniya at ngumiwi naman siya!

"A-Ayaw mo ba??"

"Ayoko!" sigaw ko at ngumuso siya! **"M-Magpalit ka nga don! Nabubwisit ako sa'yo!"** sigaw ko at hinila ang braso niya!

"Uuuuuyyy!" malakas na tukso naman nila at inis akong nilingon sila!

"One.. two.. three.." bilang pa ni Michiko at..

♪ ♫ ***"Happy Birthday to you.. Happy Birthday to you.. Happy Birthday, dear Maxpein---Happy Birthday to you!"*** ♫ ♪

Dahan dahan akong nilingon si Taguro at nakayuko lang siya at salubong ang kilay!

"B-Birthday mo?" napapahiyang tanong ko at tiningala niya ako ng tingin!

"B-Bakit hindi mo sinabi?!" tanong ko pa!

"Dahil abnormal ka!" sigaw niya sa'kin!

Damn it!

OceanofPDF.com

CHAPTER 167

MAX'S POV

"Hala ka, Deib!" dinig naming pananakot pa ni Naih. **"Lagoooooot!"**

"Yari ka ngayon, hahahahaha! Pa-girl ka pa, ah!?" pang-aasar naman sa kaniya ni Tob ngunit hindi niya nilingon sino man sa kanila at nanatili siyang gulat na nakatingin sa'kin.

"B-Bakit hindi mo sinabi sa'kin na Birthday mo??" napapahiyang tanong niya pa at napailing naman ako.

"Parte ng surpresa ko 'yon." sarkastikong sagot ko at napailing siya.

"B-Birthday mo--bakit ako pa ang susupresahin--"

"Tss.." singhal ko at iniiwas ang paningin sa kaniya.

"H-Happy Birthday.." nakangusong bati niya. **"P-Pero magpalit ka pa rin!"** singhal niya at sinamaan ko siya ng tingin!

"Bakit ba?? Alam mo bang nag-effort rin ako sa damit na 'to?! Nanghiram pa ko ng kapal ng mukha para lang maisuot 'to!"

"Maggan'yan ka kung *ako* lang ang kaharap mo! Hindi 'yung magpapacute ka muna kay Randall bago sa'kin! Tch! Sige na, magpalit ka na--ayoko ng suot mo, h-hindi maganda, hindi bagay sa'yo."

"Ayoko!" tanggi ko!

"Ayaw mo?!" naghahamon pang tanong niya at sinimangutan ko siya! **"Ah! Ayaw mo, ah!"** banta niya at saka..

BINUHAT AKO!

"W-W-Woi! Woi! I-Ibaba mo ko! A-Ano ba!" sigaw ko sa kaniya pero naramdaman ko ang paghigpit ng hawak niya!

"Woooooh!" dinig ko ang sigawan ng mga kasama namin!

"Honeymoon agad!" sigaw ni Naih pero 'di ko siya pinansin!

"S-Sensui! Ibaba mo sabi ako!" malakas na sigaw ko pero nagtuloy tuloy siya hanggang sa Hotel! **"Isa!"**

"Ibaba rin kita--maghintay ka lang! Wala akong planong buhatin ka magdamag dahil hindi ka rin naman sobrang gaan!" singhal niya at saka pinindot ang Elevator button!

TING!

"Dalawa!" bilang ko pa! **"Tatloooo!"**

"Oh!" aniya pa pagkababa sa'kin!

Masama ang tingin namin sa isa't isa at hinila ko ang kwelyo ng Polo niya!

"Siraulo ka ba?!" tanong ko sa kaniya at ngumisi siya.

"Hindi ka pwedeng magsuot ng ganiyan kapag maraming kasama! Tch! Nagpapahawak ka pa ng bewang kay Randall kanina!"

"Eh, humawak ka rin naman, ah?!"

"Pero boyfriend mo ako!"

"Tss.."

"Tch! Nag-enjoy ka ba?!" nakangising tanong niya!

"Siraulo mo!"

"Patatahian kita ng trahe de boda--'yon lang ang pwede mong isuot kapag magsuswimming ka! Kung gusto mo may belo pa! Tch! 'Wag lang 'yung ganyan!" tiningnan niya pa ang kabuuan ko at saka iniiwas ang tingin niya! **"Tch! Kamukha mo si Johnny Bravo!"**

Nanlaki ang mga mata ko pinitik ang noo niya!

TING!

"Ang sama ng ugali mo! I hate you!" sigaw ko sa kaniya at saka nagpaumunang lumabas ng elevator nung eksaktong bumukas 'yon!

"H-Hoy! A-Anong sinabi mo!?" habol niya sa'kin! **"H-Hoy! A-Anong *I HATE YOU*?! A-Alam mo ba ang ibig sabihin non--hoy! Taguro!"**

Ang sama ng ugali! Nalaman niya na ngang Birthday ko e--hindi man lang nagbago!

Hahangos hangos akong pinasok ang kwarto at padabog na isinara 'yon!

Binuksan niya rin 'yon dahil pasunod pa lang siya!

Naninikip ang dibdib ko at gusto ko siyang sapakin

Madapa ka sanang bwisit ka! Magkandapilay ka hanggang sa magmakaawa kang akayin kita! Letse!'

"H-Hey! Don't you dare turn your back on me! Taguro!" sigaw niya at hindi ko naman siya pinansin!

Mag-english ka magdamag sa hallway, peste!

Bagaman hindi ko siya nililingon ay nararamdaman ko ang mabilis na paglapit niya sa'kin! Ramdam ko ang inis sa bawat mabibigat na hakbang ko!

"H-Hoy.." lumambing ang tonong aniya pasunod sa'kin. Dumeretso ako sa kwartong para sa amin. **"M-Maxpein.."** tawag niya pa pero hindi ko na

siya pinansin.

Padarag kong hinila ang bag ko sa kama at saka ko hinalungkat ang mga damit ko.

Hindi naman ako dating ganito pero.. ngayon ay ang sama sama sama sama sama talaga ng loob ko..

Naiinis ako sa kaniya dahil kahapon pa siya ganiyan ka-cold sa'kin at hindi ako sanay.

Alam ko naman na matindi 'yung kasalanan ko pero.. 'wag naman sana ngayon, tsk! Ang sama sama talaga ng ugali!

Napaka-BULLY!

"T-Taguro.." malambing na tawag niya pa na pumunta sa tagiliran ko pero tinalikuran ko siya.

Tama bang paulit-ulit ipamukhang hindi 'to bagay sa'kin!? King inang 'to--'di man lang magsinungaling na bagay! Tss!

Hindi ko maintindihan kung bakit nangigilid ang mga luha sa mga mata ko. Sumasakit ang sintido at parang nagbabara ang lalamunan ko.

Ang sama ng ugali..

"B-Babe.." malambing na tawag niya at saka yumakap mula sa likuran ko dahilan para magitla ako at matigilan sa ginagawa ko. **"Babe.."** aniya pa at saka ipinatong ang baba niya sa balikat ko.

Babe mo mukha mo! Sapakin ko kaya ng isa 'to!? Tss..

Naramdaman ko ang dahan dahang paghigpit ng yakap niya kaya hinawakan ko ang braso niya at akmang tatanggalin 'yun pero mas hinigpitan niya!

"Baaabe!" nagmamakaawa ang tonong bulalas niya pa!

"B-Bitiwan mo ko.." mahinang utos ko.

"Sorry na.." mahinang aniya at mas humigpit ang yakap.

"B-Bitiwan mo sabi ako--"

"Bawiin mo muna 'yung sinabi mo.."

"Ayoko.."

"Ayoko rin umalis dito.."

"Bitiwan mo ko!"

"S-Sinabihan mo kong *I HATE YOU,* eh.." malungkot ang tonong aniya.

"Dahil ang sama sama ng ugali mo!"

"Sorry na nga.."

"Ewan sa'yo."

"Bawiin mo 'yung sinabi mo, huh??" tanong niya na nangungumbinsi pa!

"Bahala ka.."

"Taguro naman, eh.. S-Sabihan mo na akong gago, 'wag lang 'yon. Ayoko non.."

"Gago ka!"

"Oo na.. bawiin mo muna 'yung sinabi mo.."

"Gago ka pa rin.."

"Oo na, gago na ako, Babe, b-bawiin mo na.."

"Hinde!"

"B-Babe naman, eh.."

"Manigas ka d'yan.."

"A-Ayoko lang naman nagsusuot ka ng g-ganyan *kaganda* sa harap ng iba.." mahinang bulong niya pa.

"E bakit paulit-ulit mo pang sinabing *pangit*!" nakangusong singhal ko kasabay ng matinding pangingilid ng mga luha ko. Pinigilan ko ang sarili kong mapahikbi dahil masisimot na ang angas ko.

"Dahil gusto kong magpalit ka--"

"Pwede mo kong utusan, susunod ako!"

"Sorry na nga e. Babe..??"

"Ganyan ka naman e! Kapag ako ang may nagawa sa'yo parang ako na ang pinakamasamang tao sa mundo! Tapos kapag ikaw.." panunumbat ko pa at natahimik siya. **"Hindi mo man lang ipinagpabukas.. b-birthday ko pa naman ngayon.."** naluluha na talagang bulong ko.

Ikaw lang ang inisip ko para sa birthday ko, ikaw lang ang gusto kong makasama.. surpresahin.. mapasaya.. Dahil masaya ako kapag nakikita kitang masaya, kinikilig ako kapag nakikita kong kinikilig ka.. Pero napakasama ng ugali mo.

Ang sakit kayang malait ng taong mahal mo, engot!

Pumikit ako at sunod sunod na pinunasan ang mga luhang pumapatak doon!

Naramdaman niya ang impit na hikbi ko kaya naman lumuwang ang pagkakayakap niya at dahan dahang iniharap ako sa kaniya at doon ako niyakap. Hindi ako tumingin sa mukha niya.

"Sorry na, Babe.." malungkot ang tonong aniya pero hindi ko pa rin siya tiningnan. **"Happy birthday na, ha??"** sinserong bati niya at

tiningnan ko pa rin siya ng masama. **"Kakantahan kita--"**

"Tss.." muling iwas ko ng tingin.

"Babe naman e--"

"Ewan sa'yo, sinabihan mo kong pangit tapos--"

"Maganda ka nga.." pangungumbinsi niya pa. **"A-Ayaw ko lang ng nagpapakita ka ng ganiyan sa iba.."** mahinahon pang aniya. **"Babe, maski binti mo nga ay ayokong makita nila, 'y-yung ganiyan pa kaya?? Babe naman.."**

"Pero hindi mo kailangang sabihan ng pangit--"

"Maganda ka nga kasi, Babe! Maganda ka! Nagsisinungaling lang ako kanina dahil gusto kong magpalit ka!" sigaw niya at sinamaan ko siya ng tingin! **"I-I'm sorry??"**

"Tss.." singhal ko at iniiwas ang paningin ko.

Hinawakan niya ang pisngi ko at iniharap ang mukha ko sa kaniya. Salubong ang nga kilay kong tiningnan siya.

"Salamat sa efforts mo, nakikita ko lahat.." nakangiti at malambing na aniya. **"Kanina.. nag-enjoy ako don sa pagkain na pinahatid mo dito. Pati 'yung dinala mo ko dito kahit hindi ko inaasahang nandito ang pamilya at mga kaibigan ko.. 'Yung makita ko ang mukha mo pagkagising ko at itong pagpapaganda mo.."**

"Hindi ako nagpapaganda!"

"Eh bakit ang ganda mo?" nakangiting tanong niya!

"Nakikita mo pala e bakit ganiyan ka pa rin!?" inis na tanong ko at ngumuso siya.

"S-Sorry na.." sagot lang niya. **"Promise, hindi na.."**

"Para kang babae.."

"Pero mas maganda ka pa rin sa'kin.." nakangiting pang-uuto niya pa!

Kumalas ako mula sa pagkakahawak niya at saka muling tinalikuran siya!

"Alis d'yan! Magbibihis na ako--"

"Next time mo na lang isuot 'yan, kapag asawa na kita--"

"Hindi na!" pigil ko sa kaniya!

Naupo siya sa kama at dinungaw ang mukha ko dahilan para mapaatras pa ako!

Nakangusong itinabi niya ang maleta ko at hinila ang kamay ko hanggang sa maupo ako sa HITA niya!

"Maganda ka nga kasi, Babe. Magandang maganda ka." malambing pa ring aniya pero hindi ako nakasagot sa sobrang kaba! **"Tingnan mo nga, pati 'yung mga bakasyonista tinitingnan ka. Lahat sila pinupuri ka, kasi maganda ka."**

"Kahit na ilang papuri ang matanggap ko mula sa kanila, isang *pangit* na salita lang mula sa taong mahal ko--balewala na lahat!" singhal ko hinawakan niya ang pisngi ko.

"Sorry na." paglalambing pa niya. **"Kahit hindi ka magsuot ng ganiyan ay maganda ka na--edi lalo na ngayon? Maganda ka, Babe--bawiin mo na 'yung sinabi mo, ha?? 'W-Wag mo na ulit sasabihin 'yon, bad 'yon. Hindi dapat sinasabi 'yon ng babae'ng sing ganda mo. Sorry na, Babe--**

"Ayoko ng sorry mo.."

"Edi, I love you na lang.. bawiin mo 'yung sinabi mo--"

"Hindi."

"Babe naman?" nakangusong pakiusap niya pa. **"'Wag mo kong sasabihan ng ganon--ayoko non.."** nagmamaktol pang aniya at inismiran ko naman siya. **"Babe.."** tawag niya na naman pero masama lang akong nakatingin sa kaniya. **"Sorry na.."**

Tss.. masama pa rin ang loob ko, at hindi nababawasan! Tsk..

"Minsan na nga lang ako magsuot ng ganito, tsk.." naiinis talagang bulong ko pa.

"O s-sige na nga, kung 'yan talaga ang gusto mong isuot, sige.. Bahala ka.. Pero hindi ka pwedeng umalis sa tabi ko--"

"Hindi na, magpapalit na ako."

"Babe.."

"Hindi bagay sa'kin 'to at kamukha ko si Johnny Bravo--"

"Joke lang 'yon.."

"Ang sama ng ugali mo." pagdidiin ko sa mismong mukha niya at mas nalungkot naman siya. **"*I hate you*."** pagdidiin ko pa lalo.

"Babe!" malakas na singhal niya at ngingisi ngising iniiwas ko naman ang paningin ko sa kaniya. **"Tsk, nakakainis naman e! Nakakadalawa ka na---bawiin mo 'yon!"**

"Ayoko!"

"Sapakin mo na lang ako, ngayon na!"

"Ayoko rin!"

"Luluhod ako!"

"Tse!"

Natigilan kami pareho at nakangusong napatitig sa isa't isa.

Ako man ay nagulat sa sinabi ko.

"Nagiging babae ka na, ah!" nakangising tukso niya at iniiwas ko naman ang tingin ko sa kaniya at saka akmang tatayo. **"Dito ka lang.."** pigil niya sa'kin. **"Bawiin mo. Mmm!"** aniya na inginuso ang labi niya, tinitigan ko naman 'yon at saka ko siya tiningnan sa mga mata at nginiwian! **"Akala ko ba ay hahalikan mo ako araw-araw?? Mmm!"** nguso niya pa ulit.

"Hindi ka na makakatikim sa'kin." banta ko sa kaniya at saka nakatsambang makaalis mula sa pagkakaupo sa hita niya. **"Lumabas ka na, magbibihis na ako."** sabi ko pa na lumapit muli sa gamit kong itinabi niya.

"Dito lang ako."

"Lalabas ka o sasaktan pa kita?!"

"Sinaktan mo na ako, manhid na 'to.." turo niya pa sa dibdib niya. Natigilan ako pero hindi ko na 'yon pinansin pa.

"Tss, ikaw naman ang manunumbat ngayon??" sarkastikong tanong ko.

"Hindi. Bawiin mo lang 'yung sinabi mo." seryosong utos niya. **"Ayoko non. Sabihan mo na akong pangit, gago, walanghiya, bakla, gwapo,--'wag lang 'yon."** seryoso talagang aniya.

"Lumabas ka na dito, kailangan pagkatapos ko ay hindi ko na makita 'yang pagmumukha mo." banta ko sa kaniya at nanlaki ang mga mata niya.

"E-Eh sabi ng Mommy ko.. d-dito tayo matutulog pareho!?"

"Sa veranda ka matulog. Kapag nakakita ako ng isang daang kagat ng lamok sa buong katawan mo, babawiin ko ang sinabi ko." seryosong sambit ko at hindi makapaniwalang tumingin siya sa'kin. **"Umalis ka na d'yan!"** sigaw ko pa! **"Ayokong makita 'yang mukha mo! Bwiset!"**

"Tatalon na lang ako sa veranda.." nakangusong aniya pa at nagsalubong naman ako ng kilay. **"Wala ng silbi ang buhay ko kung hindi mo na ako mahal, Taguro--"**

"Labas!"

"B-Babe naman--"

"Labas sabe!"

"L-Lalabas na nga e.." nagmamadaling aniya pa na pumunta sa pinto at binuksan 'yon ngunit muli akong nilingon. **"Babe.."** nagpapaawa ang mukhang tawag niya pa. Kinuha ko ang maliit na lamp shade at iniamba sa kaniya ito!

"Lalabas ka--o ipapakain ko sa'yo 'to?!"

"H-Hehehehe, I love you!" sigaw niya pa at saka isinara ang pinto!

Peste!

DEIB'S POV

Huhuhuhu! Ang tanga tanga kasi! Tsk!

Inis akong lumabas ng Hotel at bumalik sa mga kasama ko!

"Oh?? Bakit ganiyan ang mukha mo!?" natatawang salubong sa'kin ni Randall. **"Nasaan na si *Babe* mo!? Hahahahaha!"**

"Tch! Alis nga d'yan!" pag-aalis ko pa sa pagkakaakbay niya!

"Hahahahaha! Ang init agad ng ulo, ah!? Ano? Binanatan ka ba?!"

"Tch!" singhal ko. **"Loko ka, may pahawak hawak ka pa sa bewang ni Taguro--bigwasan kaya kita!"**

"Napakaseloso mo!"

"Hindi ko nga nahahawakan 'yon don ng ganon ang suot e!"

"Edi hawakan mo! Hahaha! Wala naman sa'kin 'yon!"

"Bwisit ka!"

"Ano?! Hinead bang ka ba?!" natatawang tanong singit sa usapan ni Yaz at natawa rin ako sa kaniya.

"Hindi magagawa sa'kin 'yon ng girlfriend ko.." pagdidiin ko habang na kay Randall ang paningin.

"Akala mo siguro ay uubra ka sa isang Maxpein, ano??" pang-aasar niya pa.

~PLOK!~

Binatukan ako ni Parrot! **"Mm! Loko!"** singhal niya pa. **"Anong klase kang boyfriend---birthday ni Maxpein, hindi mo alam?!"** hindi makapaniwalang aniya at napapahiyang napatingin naman ako sa lahat sa kanila.

"Naaaaaaay! Walang kwenta 'to, eh!" pambubuyo naman ni Tob.

"Hahahaha, bakit nga ba hindi mo alam, Deib??" tanong ni Lee at napangiwi naman ako.

"H-Hindi niya naman sinabi e.." nakangusong sagot ko.

"Bakit hindi mo tinanong?!" nakapamewang na tanong ni BJ at napailing naman ako.

"N-Nawala sa isip ko e.." nakanguso pa ring sagot ko.

"OMG! Reasons! Reasons! Reasons!" ani Migz na pumitik pitik pa sa ere! **"Ang sakit non, Deib! 'Yung nag-effort ka ng todo tapos hindi naman pala alam ng boyfriend mo na birthday mo!? Ouch!"**

"H-Hindi ko kasi alam simula pa noon.." nakangusong sagot ko at napangiwi naman sila.

"Wala ka kasing ibang inintindi kung hindi 'yang mga puso mo!" pang-aasar pa sa'kin ni Randall at inambaan ko naman siya ng batok pero agad siya'ng umiwas.

"Kung anu-ano kasing sinabi mo e." sabat ni Maxwell at nilingon naman namin siya. Nakangiti siya ngunit seryoso at pormal pa rin ang pananalita niya. **"Ngayon na nga lang nagsuot ng ganon ang kapatid ko, sinabihan mo pa ng pangit. Tsk tsk tsk."**

"I w-was just joking." nakangusong pagdadahilan ko pa.

"Tsh, you're just jealous." pang-aasar ni Maxwell at nginusuan ko siya lalo.

"Ayy.. If I were you??" si Yaz. **"Haharanahin ko si Maxpein!"**

Haharanahin?

"A-Anong haharanahin??" tanong ko. Nakaramdam ako ng matinding kyuryosidad.

"Psh! Harana lang hindi mo pa alam--"

"Alam ko!"

"Alam mo naman pala e, edi gawin mo!"

"H-Hindi ako marunong.." napapailing na sagot ko at natawa naman sila sa'kin! **"Tch."**

"Nandito ang gitara ko." sabat na naman ni Randall at nilingon naman namin siya. **"You can leave it to me."** mayabang pang prisinta niya.

"Tch! Baka naman para sa'yo ang kantahin mo!?" inis na tanong ko.

"Ang praning mo, bro! Hahahaha! E kung haharanahin ko ang girlfriend mo--baka ihampas niya lang sa'kin 'to!"

"Tch.."

"'Wag kang mag-aalala, alam ko kung paano mapapaamo ang isang Maxpein.."

"Oh, e anong gusto mong sabihin?!"

"Na haranahin mo siya, para maging okay kayo. Kasalanan mo naman." pangungumbinsi niya pa. **"Unless, natatakot kang baka maagaw ko ang atensyon niya??"** nakangising pang-aasar niya pa!

"E kung silaban ko ang anak mo!?" inis na banta ko sa kaniya at nanlaki naman muna ang mga mata niya bago malakas na tumawa.

Nakakainis naman! Badtrip!

"Haranahin mo na, dre!" pambubuyo pa ni Tob at sininghalan ko naman siya ng tingin. **"This time, ikaw ang mali. Nag-effort siya para sa'yo at birthday niya pa! Maganda 'yung suggestion ni Randall, maggigitara siya at ikaw ang kumanta."** seryosong dagdag niya pa.

"A-Ano naman ang kakantahin ko?!"

"It started with a joke, dre!"

Nagkatinginan kaming lahat at..

"Bwahaaha!" malakas kaming tumawa!

"Siraulo ka talaga!" sigaw ko sa kaniya habang tumatawa!

"Gago, seryoso 'yon!" natatawa na ring sigaw ni Tob.

Pero nakinig pa rin ako sa kanila.

Nakumbinsi nila ako at hinila ako ni Randall sa isang tabi at tinuruan kumanta. Eksaktong alam ko naman ang kantang isinuggest niya.

"S-Sigurado ka, ah?!" tanong ko pa.

"Oo nga! Ang kulit! Tsk!" singhal niya pa sa pangungumpirma ko. **"Ayos na ayos 'to. At saka isa pa, sa personality ng girlfriend mo, mahirap pakiligin ang isang 'yon!"**

"O-Oo nga.."

"At ikaw lang ang makakapagpakilig sa kaniya ngayon.."

"T-Talaga?!"

"Tsh! Trust me, Deib.."

"Tch! Sa ganiyan mo yata idinadaan 'yung mga babaeng pinapaikot mo, eh! Hindi na! Mahal ko si Taguro!"

"Ang korni mo! Wala akong hinarang babae bukod sa Ate mo! Ni hindi ko nga nagawang haranahin 'yang Taguro mo!"

"S-Sigurado ka?!"

"Oo! Tsh, ni hindi mo rin nga mapakanta 'yan dahil hindi maganda ang boses niya!"

"Hoy! Bawiin mo 'yang sinabi mo! Bawat salitang binibitawan ng magandang labi niya ay tumatatak sa puso ko!"

"Hahahahah! Baliw ka na.."

"Dati na.."

"Hello, Max??" dinig naming ani Parrot at nilingon naman namin siya. **"Oo nandito pa kaming lahat, bumaba ka na dito. O sige sige, sige.**

Sige!" aniya pa at saka ibinaba 'yon at tumingin sa'min! **"Pababa na siya!"**

Nagmadali kaming iniayos ang table na nandoon na pinaghandaan nila at nagtago kami ni Randall sa bandang madili,.

Ilang minuto pa ay natanaw na namin si Tagurong naglalakad papalapit sa kanila. Sinalubong siya agad nila Michiko, Parrot at Yaz.

Sila Lee, Tob, Maxwell at Maxrill naman ay abala kunyari sa paglalaro sa tubig na 'di rin naman ganon kalayo sa amin.

"Nasan si Deib?" dinig kong tanong ni Taguro at napangiti naman ako.

"Tsh.." dinig kong singhal ni Randall mula sa pagkakatago namin at inis naman akong sinamaan siya ng tingin. **"Wala pa nga e, kinikilig ka na??"** bulong niya pa.

"Wala kang pake, bro! Hehehehe."

"Grabe ka, hahaha!"

Nakita na namin ang hudyat ng paglabas namin ni Randall mula sa madilim na parte na 'yon kung saan may puno. Pinaupo na nila si Taguro sa upuan at taka naman siyang tumingin sa inihain nila doon sa mesa.

Tumingin sa'kin si Randall.

"Ako ang mauunang lalabas, susunod ka, ah?!"

"Oo." nakangiting tango ko pa.

Bitbit ang gitarang lumabas si Randall mula sa puno at 'di pa man siya tuluyang nakakalapit kay Taguro ay sinimulan niya ng tugtugin ito.

Nyahaha!

Gusto kong tumawa sa tuwa dahil nakita kong puno ng pagtataka ang mukha ni Taguro!

Dalawang ulit na tinugtog ni Randall ang into non at saka ako dahan dahang lumabas..

♪ ♫ **"Ipagpatawad mo.."** ♪ ♫

Unang linya ng kanta ko pa lang ay nilingon na ako ni Taguro at kinindatan ko agad siya.

♪ ♫ **"..aking kapangahasan. Oh, Taguro ko, sana'y maintindihihan. Alam kong kailan lang tayo nagkatagpo. Ngunit parang sa'yo, ayaw nang lumayo."** ♪ ♫

Mula sa isang dipang layo ko kay Taguro ay kitang kita ko ang pamumula ng pisngi niya.

Bakas sa mukha niyang hindi niya inaasahan ang nakikita niya.

Pinigilan ko ang sariling mapangiti ng todo.

'Kinikilig siya sa ginagawa ko..'

♪ ♫ **"Ipagpatawad mo.. ako ay naguguluhan.."** ♪ ♫

Iniiwas niya ang tingin niya kaya naman dahan dahan akong lumapit sa kaniya at hinawakan ang pisngi niya upang muling iharap 'yon sa'kin.

♪ ♫ **"'Di ka masisi, na ako ay pagtakhan. 'Di na dapat.. ako pagtiwalaan. Alam kong kailan lang tayo nagkatagpo. Ngunit parang sa'yo, ayaw nang lumayo. Ipagpatawad mo, minahal kita agad.."** ♪ ♫

Hinawakan ko ang kamay niya at inalalayan siya patayo.

Dahan dahan kong inilagay ang kamay niya sa balikat ko at inilagay ko naman ang mga kamay ko sa bewang niya at isinayaw siya.

"A-Ang korni mo.." namumulang bulong niya pa.

♪ ♫ **"Aaahh.. minahal kita agad.."** ♪ ♫

"Tss.."

♪ ♫ **"Aaahh.. minahal kita agad.. Ipagpatawad mo, ooohh.."** ♪ ♫

"T-Tigilan mo na nga--"

♪ ♫ **"Sana nama'y---ipagpatawad mo, ang malabis na.. *kabadingan* koooo, ngunit ang lahat ng ito'y totoo.."** ♪ ♫

"Hahahaha!" natawa siya at napangiti ako.

♪ ♫ **"Aaahh.. minahal kita agad.. Ipagpatawad mo, ooohh.."** ♪ ♫

Nanatili ang tugtog ni Randall kaya isinayaw ko pa rin siya kahit hindi na ako kumakanta.

"Happy Birthday, Babe.." nakangiting bati ko sa kaniya at nakangiting ngumiwi naman siya sa'kin. **"I love you.."** bulong ko pa pero ngumiti lang siya. **"I love you.."** pagdidiin ko pa at umiling siya. Bahagya akong kinabahan. **"W-Wala ba akong.. I l-love you, too??"** nakangusong tanong ko at ngumiti naman siya kaya napangiti ako. **"I love you, Babe.."**

"Mmm.."

"A-Anong mmm?!" inis na tanong ko.

"Ang ganda pala talaga ng boses mo, 'no?" nakangiting tanong niya. Nakikita ko sa kaniya ang sarili ko kapag nagpipigil ng ngiti.

Kinikilig siya, hahaha! Tsk tsk tsk! Taguro.. Taguro.. Taguro..

"Maganda kasi ang kaharap ko.." pigil ang ngiti ring sagot ko at tumango tango siya.

Nakangiting tumitig kami sa isa't isa at pareho kaming naiilang sa t'wing tatagal ng mahigit kalahating minuto ang titigan na 'yon.

Biglang nag-iba at naging mabilis ang pagtugtog ni Randall sa gitara at nakangiting nilingon naman namin siya.

♪ ♫ **"Sa wari ko'y.. lumipas na ang kadiliman ng araw.. Dahan dahan pang gumigising at ngayo'y babawi na.."** ♪ ♫ kanta pa ni Randall at maya maya ay sumunod si Tob!

♪ ♫ **"Muntik nang.. masanay si Deib sa kaniyang pag-iisa.. At kaya nang iwanan ang bakas ng kahapon niyo.."** ♪ ♫ pag-iiba na naman ni Tob sa liriko! ♪ ♫ **"Tuloy pa rin ang awit ng buhay niyo. Nagbago man ang hugis ng puso mo. "** ♪ ♫ turo niya pa sa'kin! ♪ ♫ **"Handa ka ng hamunin ang kaniyang mundo.. pagkat tuloy pa rin!"** ♪ ♫

Gusto kong matawa sa itsura nila!

♪ ♫ **"Kung minsan ay hinahanap pa ang alaala ng iyong halik.. Inaamin ko na kay tagal pa bago malilimutan ito."** ♪ ♫ biglang kanta ni Lee at mas ikinagulat ko 'yon!

Nagsimula na kaming matawa ni Taguro sa mga itsura nila dahil halatang natutuwa rin sila sa ginagawa nila.

"Happy Birthday, Babe.." bati ko uli sa kaniya.

"Tss, nakakailan ka na.."

"Hehehehe, hindi ka man lang kasi mag-thank you.."

"Edi thank you.." sagot niya at nanunuksong tingin naman ang isinukli ko sa kaniya.

"Kinikilig ka?"

"Tss."

"Kinikilig ka." siguradong sagot ko pa. **"Okay lang kiligin ka basta ako ang dahilan, hehehe!"**

"Linya ko 'yan e." nakangiting aniya at hinawi ko naman ang buhok na nililipad ng hangin papunta sa mukha niya.

♪ ♫ **"Kay hirap nang maulit muli. Ang naiwan nating pag-ibig.. tanggap na at natuto pang harapin ang katotohanang ito."** ♪ ♫

♪ ♫ **"Tuloy pa rin ang awit ng buhay niyo. Nagbago man ang hugis ng puso mo. "** ♪ ♫ turo na naman ni Tob sa'kin! ♪ ♫ **"Handa ka ng hamunin ang kaniyang mundo.. pagkat tuloy pa rin!"** ♪ ♫

SONG TITLES: Ipagpatawad mo by VST and Co. / Tuloy pa rin by Neocolors

"'Wag mo na akong sasabihan ng ganon, Babe, ah?" malungkot pa ring sambit ko at suminghal naman siya ng tingin.

"Tss, basta 'wag mo ko sasabihan ng pangit kapag nagpapacute ako sa'yo."

"E-Edi.. para sa'kin nga 'yon suot mo??" nanunuksong tanong ko.

"Para sa'kin syempre!"

Inis akong sinamaan siya ng tingin.

"Para mapansin mo ko.." dagdag niya at napangiti naman ako.

"Talaga??" nanunuksong tanong ko pa.

"Tss, ang sungit sungit mo kasi.."

"Para lambingin mo ko." nakangusong sagot ko.

"A-Alam mo namang slow ako pagdating sa ganiyan e. Pwede ka naman lumapit sa'kin at magmakaawang lambingin kita, hindi mo na ako kailangang lait-laitin pa." nakasimangot na namang aniya.

"Shh.. 'wag ka ng sumimangot d'yan. Halikan mo na ako."

"B-Bakit ko naman gagawin 'yon?!"

"'Yon ang gift ko sa'yo."

"Tsa! Kapal.."

"Oh, bakit?? Hahahaha! Hindi ba't kikiligin ka lang kapag kinilig ako?!"

"W-Woi.. ang kapal mo.."

"Tch. Halikan mo na ako para kiligin tayo pareho!"

"A-Ayoko, maraming tao.."

"Edi paalisin ko sila."

"Hindi na."

"Mamaya na lang?" nakangising bulong ko at tumingin naman siya sa'kin. Bakas ang kaba sa mga titig niya kaya binigyan ko siya ng nanunuksong tingin. **"Tandaan mo.. nasa *iisang* kwarto tayo.."** nananakot kunyaring dagdag ko at nakita ko ang paglunok niya. **"Kung hahalikan mo ako ngayon dito ay mas okay, kesa 'yong nandoon tayo at nagsosolo--"**

TSUP!

Natigilan ako sa biglang paghalik niya sa'kin!

"Yiiiiiiieeeeeeee!" umugong ang malakas na panunukso nila!

"Tama na 'yan! Nilalamig na kami sa kilig, oh!" sigaw pa ni Parrot at natawa naman kami ni Taguro sa kaniya.

Naupo kami sa telang nakalatag sa buhangin at nagsimulang magkwentuhan. May mga beer na nandoon kaya naman uminom kami.

"Anong regalo mo kay Max, Deib??" tanong ni Migz at nilingon naman ako ni Taguro.

"Anong gusto mong regalo, Taguro?!" nakangising tanong ko at umastang nag-iisip naman siya.

"'Wag ka lang magalit sa'kin, okay na.." nakangiting sagot niya.

"Wushoooo! Ang korni eh!" pang-aasar ni Parrot.

Nakangiting hinila ko naman ng marahan si Taguro at pinaupo siya sa pagitan ng mga hita ko. Niyakap ko siya sa ganoong posisyon.

"I love you, Babe.." bulong ko pa sa bandang tenga niya.

"Eh pano na nga pala 'yan?! Aalis na kayo sa Campus namin, edi.. marami ng didikit kay Maxpein niyan?!" pang-aasar ni Parrot sa'kin at ngumiwi naman ako.

"B-Baka magdidikit ka ron kung kani-kanino, Maxpein?!" inis na tanong ko at natawa naman siya ng marahan. **"'Wag kang tumawa dahil kapag nagpaligaw ka, patay kayo sa'kin pareho!"**

"Sino namang manliligaw sa'kin ng ganito ang itsura ko? Tss.. malayo pa lang kinaiinisan na.." natatawang sagot ni Taguro.

"Ayan, ayos na 'yan. 'Di bale ng magmukha kang mobster sa harap nila, basta 'wag ka lang nilang magugustohan, hahahaha! Kapag *girlfriend* ko, hindi pwedeng dikitan ng kahit na sino!" mayabang pang sagot ko.

"Maxpein, dito ka sa tabi ko. Tugtugan mo ko."

Gulat akong nilingon si Randall sa mapang-asar niyang linyang 'yon!

"H-Hoy!" sigaw ko sa kaniya. **"P-Pagod ang kamay niya, hindi niya kayang maggitara."**

"Kaya ko, Babe.." seryosong ani Taguro at pinitik ko naman ang noo niya!

~PLOK!~

"Hindi mo kaya!" pasinghal na bulong ko pa sa kaniya.

"Hindi niya kaya o nagseselos ka??" natatawang tanong ni Randall at iniiwas ko naman sa kaniya ang paningin ko't tumingin ako kay Taguro.

"Hindi pwede!" bulong ko pa at natawa naman siya. **"Ayokong makita kang tumatawa dahil sa iba."** nakangusong dagdag ko.

"Tss, ano namang nakakatawa sa paggigitara, tuleg."

"A-Ano ba! May pa-tuleg tuleg ka na, ah! Kanina--ilang beses mo kong sinaktan!"

"Napaka-OA mo!" nanlalaki ang mga matang aniya at napanguso naman ako! **"Tsk tsk, kapag pinagpatuloy mo 'yan, hindi tayo magkakasundo."** umirap pang aniya kaya lalo akong napanguso.

"Para nilalambing ka lang, eh."

"Hindi naman nakakalambing ang ganiyang paraan--"

"Oh, sige na, sige na! OA ka rin, eh! Kung magalit ka naman parang may hatol naman don sa sinabi ko! Tch!" singhal ko at sinamaan niya naman ako ng tingin. **"Para ayaw lang makitang tumatawa, nagagalit na.."** bulong ko pa at iniiwan niya naman ang paningin niya.

Nagsimulang kaming magkasiyahan habang umiinom ng beer na available doon. Tulad ng nakasanayan na ay sila Parrot at Tob ang PINAKAMAIINGAY.

"Dito ka na magstay, Maxrill??" nakangiting tanong ni BJ dito.

"Mmm!" tuwang tuwang tango naman nito. **"I talked to Mokz then he talked to his daughter, my Mom. Hehehehe!"**

"Yiiieeee! Edi sa BIS ka rin mag-aaral?!" tuwang tanong naman ni Migz at tumango ito. **"My God! Edi pagkakaguluhan ka na rin pala ng mga eschudents doon! Nawala ang mga gwapo--"** turo niya sa amin. **"--napalitan ng gwapo!"** turo niya naman kay Maxrill at natawa ito.

"In Korea, this face is rare." pagmamalaki niya pa.

"Tss.." singhal ni Taguro at nilingon naman siya nito at nginiwian. **"You stay at home, arasseo?"** maawtoridad na tanong pa ni Taguro sa kaniya at tsaka tumungga ng beer niya.

"Hoy, baka malasing ka naman." bulong ko sa kaniya at nilingon niya ako. Masiyadong malapit ang mukha niya sa'kin.

I want to kiss you..

"B-Baka malasing ka, Babe." bulong ko pa.

"Ako pa??" mayabang na tanong niya. **"Ikaw ang 'wag masiyadong uminom dahil baka ma-ulol ka na naman."**

"Tch, sige. Magyabang ka." nakangusong tugon ko at nilingon ang mga bote sa paanan niya. **"Nakaka-anim na bote ka na, oh? Babae ka pa bang matataawag niyan?"**

"Kasarian ba ang batayan sa dami ng maiinom na alak ng isang tao?" nakangiting tanong niya at napatitig naman ako sa mukha niya. **"Tss!"**

Pinairal na naman ang mga patakaran niya sa buhay, tsk tsk!

"Basta, 'wag ka masiyadong uminom dahil wala akong planong alagaan ka." pigil ang ngiting sagot ko, nagpanggap akong galit.

"Edi ngayon pa lang ay hiwalayan mo na ako."

"A-Anong sabi mo?!" inis na singhal ko.

"Wala ka pa lang planong alagaan ako--edi ngayon pa lang ay hiwalayan mo na ako!" nakangusong tugon niya at natigilan naman ako.

Napatitig ako sa mukha niya't iniiwas naman niya ang paningin niya sa'kin!

Anong nangyayari dito at nag-iinarte na siya ngayon?! Hahahaaha.

"Babae ka na ngayon, Babe?" nakangising tanong ko at pasiring naman niya akong nilingon.

"Mukha ba talaga akong lalake sa paningin mo?!" parang galit pang tanong niya.

"Oo!"

"Edi hiwalayan mo na nga ako!"

Anak ng..

"Tch! Hindi ka na ba pwedeng biruin ngayon?!" pigil ang tawang tanong ko.

"Dahil hindi naman maganda ang biro mo!"

"Uma-arte ka na, Babe, ah??" nanunuksong sagot ko. **"Tch! Siguro ay ikaw ang gusto ng makipaghiwalay sa'kin kaya panay ang pilit mo?!"**

"Dahil pinuprovoke mo ko."

"Wow! Sinabihan lang kitang 'wag masiyadong uminom--prinovoke na agad kita? Na hiwalayan ako!?" sarkastikong tanong ko at kumunot naman ang noo niya! **"Mm!"** tinuktok ko ang noo niya! **"Eh, kung iprovoke kitang halikan ako!?"**

"Asa.." nakangising sagot niya at nangiti naman ako.

"Kiss mo ko mamaya, ah?" bulong ko pa.

"Depende sa mood ko."

"A-Akala ko ba ay hahalikan mo ko araw-araw?! Sinungaling!"

"TSUP!"

HINALIKAN NIYA AKO SA PISNGI!

"Oh, ayan, ah? Bukas ulet." mayabang pang aniya. **"Kung makasingil naman ng halik 'to akala mo inutangan, tss.."** bulong niya pa at dinig na dinig ko 'yon!

"Oo at ang barat mo!" sigaw ko sa kaniya at nilingon nila kami!

"Ano ba 'yan!" singhal agad ni Parrot. **"Magkaharap na kayo't lahat--sigawan pa rin?! Nakakainggit ang pagiging sweet niyo!"**

"Tch!"

"Grabe, ah?! Ganiyan niyo pala mamiss ang isa't isa?!"

"Uuuuy! Ang Zarnaih--nagpaparinig kay Lee!" pang-aasar ni Migz at pinandilatan naman siya ng mga mata nito. **"Bet mo lang rin magpalambing kay Papa Lee kunyari ka pa, hahahaha!"**

"H-Hoy! Walang ganiyan, ah!" naiilang na sagot ni Parrot.

"Uuuy! Maang maangan!"

"M-Migz, ah!"

"Ay! Utal utalan!"

"Ang s-sama ng ugali mo!"

"Tse! Iwan mo rin ang Lee para ganiyanin ka!" turo pa sa'min ni Migz at tinawanan ko naman siya. **"Para hindi 'yung ganiyang nagmamakaawa ka, teh! Hahahahaha!"**

"Tch! 'Wag." pigil ko kunyari kay Naih. **"Dahil parang lobo 'yan si Lee, kapag binitiwan mo--hanggang tingin ka na lang, hahaha!"**

"Shut up, Deib." natatawang suway ni Lee.

"Aye! Aye! Superman!" sagot ko.

"Eh, ano ka naman daw, Deib??"

"Tch, dumaldal ka na lang d'yan." natatawang pigil ko naman sa kaniya.

"Yiiiieeee! Lahat pala tayo, taken!" singit pa ni Michiko.

"Hey, I'm single, ah!" maarteng sabat ni Yaz na nilingon pa si Maxwell.

"Hahahaha! Taray, ah! Uso sa pamilyo niyo ang magparinig??" natatawang biro ni BJ kay Yaz at siniringan naman siya nito. **"Sa pagkakaalam ko ay iba ang single sa *waiting*, hahaha!"**

"Hahahahahahahahaha!" nagtawanan kami at napahiya naman si Yaz.

"What do you want me to do, Zarnaih?" biglang singit ni Lee at naiilang namang tiningnan siya nito.

"H-Ha?" utal na tugon ni Parrot.

"I can do better than that." turo pa sa'kin ni Lee at umugong ang nanunuksong ingay ng lahat.

"Woooooh!"

"Uuuuy! Lalong umaasa ang Naih!" pang-aasar pa ni Migz.

"H-Huuuy, 'wag nga kayong ganiyan! Ano ba, hahahahaha!" nag-iinarteng sagot ni Parrot at nag-asaran naman sila.

Nasa ganoon naman kaming sitwasyon nung maramdaman ko ang bahagyang pagsandal ni Taguro sa dibdib ko. Natuwa ako kaya tiningnan ko siya bagaman nasa bote ang paningin niya.

HINAWAKAN KO ANG PAREHONG KILI KILI NIYA!

"A-Ano ba!" singhal niya sa'kin!

"Nakikiliti ka??" tanong ko.

"Eh kung ikaw ang kilitiin ko ng sapak?!"

"Sige ba! Basta sa t'wing masasaktan ako ay hahalikan mo ko?" nakangising sagot ko at napaisip naman kunyari siya.

"Bakit ba gustong gusto mong hinahalikan ka?!" inis pang tanong niya.

"Tch! Ikaw lang ang gusto kong humalik sa'kin!"

"Oo nga, pero bakit wala kang ibang bukam-bibig kung hindi 'yang pahalik halik mo?! Akala mo nakakatuwa?!"

"A-Ang sama talaga ng ugali mo." nakangusong sagot ko at nangiti naman siya. **"Tabi tayong matulog mamaya, ah?"** nakangiti ring bulong ko at ngumiwi naman siya.

"Bakit?"

"Tch, anong bakit?" inis na tanong ko. **"May mga kasama naman tayo at 'wag kang mangarap dahil wala akong gagawin sa'yo!"**

"Sige."

Tch! Parang siya pa ang napipilitan, ah!? Kapal! Hahaha!

"Tapos yayakapin mo ko--"

"Andami mo namang gusto?!" singhal niya agad at sinamaan ko siya ng tingin!

"Alangan namang isang dipa ang layo mo sa'kin!? Tumabi ka pa!" sumbat ko.

"Tss.."

"Para matutulog ako ng akin ka--gigising ako ng akin ka pa rin! Hahahahaha!" taas-noong sagot ko at nginiwian niya naman ako at tumingin sa kanila.

"Eh, paano 'yan? Makakasanayan mo naman ba ang pagkain namin dito??" tanong ni Parrot kay Maxrill.

"Well, I wouldn't mind if they feed me with chicken nuggets everyday!" parang batang ani Maxrill na nilalagyan ng nilalagyan ng buhangin ang paa ni Maxwell.

"Mahilig ka pala sa chicken nuggets?"

"Mm!"

"Magpabili ka kay Maxpein ng marami, hehehe!" ani Parrot na itinuro pa si Taguro. **"Mahilig daw siya sa chicken nuggets! Ang cute! Hahahah!"**

"Tss, anong cute don?" sarkastikong tugon ni Taguro.

"Will you stop it?" salubong ang mga kilay na utos ni Maxwell sa kapatid.

"Give me nuggets." nakalahad ang kamay na tugon ni Maxrill.

"No." pormal na tugon ni Maxwell.

"Then I'll continue doing this." sagot ni Maxrill na mas binuhusan ng buhangin ang paa niya.

"I said--stop it, dongsaeng." nakikiusap ang tonong ani Maxwell.

"No."

"Geuman!" sigaw na ni Maxwell at mas binuhusan ng binusan naman 'yon ni Maxrill!

**Translation: Stop it!'*

"No! No! No! No! Nuggets! Nuggets! Nuggets! Nuggets!" sabi pa ni Maxrill habang binubuhusan ng buhangin ang paa ng kapatid. Natawa naman kami sa itsura nila.

"Hehehehe, paborito ko rin 'yun." sabat ko at inosenteng nilingon naman ako ni Maxrill.

"Alamin ang paboritong hugis ni Enrile!" sigaw ni Tob sa kalagitnaan ng kasiyahan at sinamaan ko naman siya ng tingin!

"PUSO!" sabay sabay nilang sigaw! At si Taguro ang pinakamalakas sa pandinig ko dahil malapit siya sa'kin!

"Tch!" singhal ko sa kaniya.

"Ang gwapo mo." bulong niya pa at napangiti naman ako.

"Edi i-kiss mo ako."

♫ ♪ **"Aahh, minahal kita agad.."** ♪ ♫ biglang kanta niya pa at natawa ako.

Maya maya pa..

"Its getting late.." ani Maxwell pero hindi siya makatayo dahil umabot na sa tuhod niya ang mga buhangin na inilagay ni Maxrill. Masiyadong mataas ang mga 'yon kaya maaaring mabigat para sa kaniya. **"Hey!"** tawag niya pa kay Maxrill na tumayo at akmang maglalakad papalayo.

"Mwol!" nakangusong sagot ni Maxrill!

Translation: What!

"Jegeo!" utos ni Maxwell. **"Palli! Palli!"**

*'Translation: Remove it! Faster! Faster!**

"T-Tulungan na kita.." prisinta ni Yaz na sinimulang alisin ang mga buhangin na 'yon at umugong na naman ang kantiyawan ng lahat.

Tatawa tawa namang nilingon ko si Taguro at..

Tulog na ba siya?!

"Taguro??" tawag ko pa sa kaniya pero tumba na ang ulo niya! **"Aissh! Sabi ng 'wag iinom ng marami, eh!"** hinawi ko pa ang buhok niya sa mukha. **"W-Woah! Huk!"** usal ko pa matapos niyang matumba!sambot ko pa sa kaniya matapos niyang gumewang patumba!

"Pagod kasi siya kaya baka nalasing agad?" sabat ni Randall. **"Tulungan na kita---"**

"Kaya ko na, hehehehe!" pilit ang ngiting pigil ko pa sa kaniya at natawa naman siya.

"B-Babe?"

Gulat akong nilingon si Taguro at inaaninaw niya ang mukha ko.

"Hm?" tanong ko na sinilip pa ang mukha niya.

"P-Pasan mo k-ko.." utal pang aniya na nakababa ang paningin.

Unti-unti kong naramdaman ang pagngiti ko.

"Mm." pigil ang ngiting tugon ko at saka ako naupo sa harapan niya at.. **"HUK!"**

IBINAGSAK NIYA ANG KATAWAN NIYA SA LIKOD KO!

Ang sakit!

"O-Okay ka lang ba?" tanong niya pa matapos kong tumayo!

"H-Hehehe.. O-Okay lang! Ang g-gaan mo pala, grabe!" pagsisinungaling ko! Naramdaman ko ang pagtama ng dalawang siko niya sa likod ko kaya masakit talaga! **"Okay na ba?"** tanong ko at naramdaman ko naman ang pagtango niya. **"Tatayo na ako, ah?"** tanong ko at tumango ulit siya.

"'Yan ang sweetness!" ani Michiko at nginitian ko naman siya.

Sabay sabay na kaming naglakad muli papasok sa Hotel.

Nakita ko pa sa malaking wall clock na nasa gitna ng Lobby na alas dose na ng gabi.

Ang lamig ng kamay ni Taguro..

Nararamdaman ko sa leeg ko ang magkahawak na kamay niya kaya naman ramdam ko ang lamig ng balat niya.

"Magkakasakit ka ba?" mahinang tanong ko pa dahil nakadikit naman sa pisngi ko ang mukha niya.

"Hindi.."

"Ang lamig mo, eh.." sabi ko pa at saka kami sumakay sa elevator.

Nang marating namin ang Hotel Room namin ay dinala ko agad si Taguro sa kwarto namin.

"L-Lumabas ka muna, maliligo lang ako." aniya pa at napatango naman ako.

"S-Sige.."

"Here.."

"A-Ano 'yan?" tanong ko matapos niyang ibato sa kama ang isang maliit na box.

Napatingin pa ako sa kaniya bago ko lapitan 'yon at damputin. Kasing laki 'yon ng kamay ko.

"Para sa'yo.." sagot niya at taka naman akong napatingin sa kaniya.

"B-Birthday mo--bakit ako pa ang niregaluhan mo?" takang tanong ko.

"Para maiba naman, sana magustohan mo. Kapag nagkataon.. i-ito pa lang ang pinakamagandang Birthday na nangyari sa buhay ko." pilit ang ngiting aniya at natigilan naman ako. Tinalikuran niya na ako at sinundan ko naman siya ng tingin hanggang sa makapasok siya sa washroom.

Iiling-iling naman akong lumabas ng kwarto at pumunta ng sala. Dinadaan daanan pa ako ng mga kasama namin pero hindi ko na sila nagawang lingunin.

"MY FEELINGS"

Binuksan ko 'yong box at 'yan ang nakalagay sa ilalim ng pinakatakip. Kunot-noong tiningnan ang laman at nakita ko ang cellphone ni Taguro.

Ano 'to? Ibibigay niya sa'kin?

Kinuha ko 'yon at pinagmasdan ko pa ito pero wala akong makitang kakaiba bukod sa nakapatay ito. Muli kong itinuon ang paningin sa loob ng box at nakitang kong bukod dito ay may iba pa 'tong laman.

Ano 'to?

Kunot-noong kinuha ko ang papel na nandoon, ngunit bawat kuha ko ay may kasunod pang papel na may kasunod ulit hanggang sa magpaulit-ulit lang. Kaya naman takang tiningnan ko ang kabuuan ng box na 'yon. Wala pang kalahating dangkal ang lapad nito at nasa isang dangkal naman ang taas.

Binuksan ko ang pagkakatupi ng unang papel na kinuha ko.

Day One..

Nanlaki ang mga mata ko at tumayo ang lahat ng mga balahibo ko.

Hi, Babe. Hindi ko alam kung paano ka kukumustahin? Kung magsosorry ba ako.. maalis niyon ang sakit na nararamdaman mo?

Hindi ko pa man naitutuloy ang pagbabasa ay naramdaman ko na ang mabilis na pangingilid ng mga luha ko dahilan para isilid ko ang mga sulat na 'yon sa box at magmadali akong pumunta sa veranda at ilock ang sliding door niyon.

Itinuon ko ang paningin ko sa cellphone na 'yon at saka binuksan ito.

Isa-isa kong pinakinggan ang sarili kong boses habang binabasa ang sulat na Taguro na siyang *TUGON* sa mga Voicemail ko.

Tiniis ko ang malamig na hanging sumalubong sa'kin. Napasinghap ako at bahagyang kumuyumos ang kamao ko. Unti-unti kong naaalala ang sakit na naramdaman ko bagaman hindi na 'yon tulad ng naramdaman ko nang mga oras na 'yon.

"To listen to your messages, Press One."

~BEEP!~

"Day thirty one. Hi Babe.. I-Ika-tatlomput isa'ng araw na hindi kita nakakausap at naririnig.. S-Sana okay ka lang.. at sana.. n-naririnig mo pa rin 'tong mga message ko.. T-Taguro, h-hanggang ngayon h-hindi ko maintindihan kung bakit h-hindi ka man lang nagsabi sa'kin.. N-Nasasaktan ako.. Miss na miss na kita.. P-Parang awa mo na b-bumalik ka na.. Taguro.. kailangan kita.."

Day Thirty One. Hi Babe! Yeah, its been thirty one days and I'm still not okay. Naririnig ko ang mga messages mo at pinapaulit-ulit ko 'to hangga't wala pang bago. Miss na miss na rin kita Sensui at alam kong naiintindihan mo kung bakit ako umalis. Nasasaktan rin ako dahil nasasaktan kita. Babalikan kita dahil kailangan rin kita.

"To listen to your messages, Press One."

~BEEP!~

"Day fourty three. I miss you so much, Babe. N-Naiisip mo rin ba ako?? H-Hindi ka mawala sa isip ko.. ikaw parati ang naiisip ko.. M-Masakit pero wala ako'ng magawa.. K-Kung alam mo lang kung ga'no ko kagusto'ng makita ka.. Gusto'ng gusto na kita'ng makita, Taguro.. B-Bumalik ka na sa buhay ko.. Please, Taguro.. K-Kahit na ano'ng dahilan mo---tatanggapin ko.. makita lang kita ulit sa harap ko.."

Day fourty three. I miss you, too, Babe. Hindi ka naman nawala sa isip ko, eh. Nasasaktan rin ako pero kailangan kong gawin 'to. Gustong gusto rin kitang makita. Babalikan ako, Sensui. Dahil alam kong tatanggapin mo ano mang dahilan ko.

"To listen to your messages, Press One."

~BEEP!~

"Day fifty two. Okay ka lang ba? M-May masakit ba sa'yo? M-May nakikinig ba sa mga m-masasakit na nararamdaman mo?? S-Sabihin mo sa'kin.. makikinig ako.. A-Anu-ano'ng gumugulo sa isip mo? Kasama ba ako? T-Taguro, h-hindi ka talaga mawala sa isip ko, kahit ano'ng gawin ko.. P-Pinipilit ko naman pero h-hindi ko talaga kaya e.. N-Nasasaktan na 'ko ng sobra.. M-Magpakita ka na.. H-H'wag mo naman ako'ng iwan ng ganito.. Namimiss na kita.."

Day fifty two. Hindi pa rin ako okay, walang nakikinig sa mga masasakit na nararamdaman ko dahil wala ka sa tabi ko. Maraming gumugulo sa isip ko pero ikaw ang umaayos sa mga 'yon. Ayokong piliting mawala ka sa isip ko dahil ikaw na lang ang nag-iisang magandang dahilan para kayanin ko. Kaya sana 'wag kang huminto sa pagpapadala ng ganitong message sa'kin, ito na lang ang nagpapalakas sa'kin Sensui. Mahal na mahal kita.

Tumayo ako matapos basahin ang lahat ng sulat niya at pakinggan ang sarili kong Voicemail.

Pinilit kong ayusin ang sarili ko bago tuluyang buksan ang sliding door ng veranda pero..

"T-Taguro.." usal ko kasunod ng sunod sunod na pagpatak ng mga luha ko.

Hindi ko na nagawang makakilos dahil sinalubong niya na ako ng yakap.

"Nung mga oras na wala ka sa tabi ko.. nasasaktan rin ako.." emosyonal na bulong niya dahilan para mas maluha ako. **"Pero ngayong kasama na kita.. pakiramdam ko ay balewala na lahat ng sakit na naramdaman ko nung lumayo ako sa'yo.."**

"M-Mahal na m-mahal kita.." humihikbing tugon ko at humigpit naman ang yakap niya sa'kin.

Subsob ang mukha ko sa leeg niya kaya naman ramdam at dinig ko ang pagngiti at paghinga niya.

"Mahal na mahal rin kita.. lalo na kapag nakangiti ka.." aniya at napangiti rin ako. Dahan dahan akong umalis sa pagkakayakap sa kaniya at sinilip ang mga mata niya. **"'Wag ka ng umiyak.. nanghihina ako.."** nakangiti ngunit seryosong dagdag niya. **"Hindi ka na galit sa'kin?"**

"Kahit naman nagalit ang utak ko sa'yo, hindi ka kayang bitiwan ng puso ko." pigil ang ngiting sagot ko.

"Tss! Tsk tsk.." iiling-iling pang aniya.

"Alam mo na kung anong gagawin mo.." nanunuksong tugon ko. Dahan dahan kong inilapit ang mukha ko habang nakatingin pa rin sa mga mata niya. Ngumiti siya lumayo kaya lumapit ulit ako. Ngunit noong lalayo na naman siya ay hinawakan ko na ang batok niya. **"Huli ka.."** nakangising bulong ko pa at natawa siya.

"TSUP!"

Hinawakan niya ang magkabilang pisngi ko at hinalikan ang labi ko!

"Tara, tulog na tayo.." yaya niya at hinawakan ang kamay ko!

Bahagya niya pa akong hinila pero nagmatigas ako!

"T-Teka!" pigil ko sa kaniya at taka siyang nilingon ako. **"'Y-Yun na 'yon??"** tanong ko at inosente siyang tumingin sa'kin.

"Anong 'yun na 'yon?"

"B-Babe.." nanlulumong tugon ko at mas lalo siyang nagtaka.

"Inaantok na ko.." kunot-noong aniya pa kaya napabuntong-hininga ako.

Isinara ko na ang sliding door at hawak-kamay kaming pumasok sa kwarto. Nahiga siya sa kama at kinumutan ko naman siya. Nahiga ako sa tabi niya ngunit nasa labas ng kumot. Inihiga ko ang ulo niya sa balikat ko at napangiti pa ako nung iyakap niya ang braso niya na umabot pa sa tagiliran ko. Bahagya kong hinaplos ang buhok niya.

"Hindi ko naisip na.. gagawin mo 'yun.." nakangiti ngunit malungkot na usal ko pa. Bumuntong-hininga pa ako at saka ko hinawakan ang pisngi niya. **"A-Akala ko.. hindi mo narinig lahat ng messages ko."** pigil ang emosyon na dagdag ko. **"N-Nung bumalik ka kasi.. parang *wala lang* nangyari, tch. A-Akala ko balewala lang sa'yo lahat 'yon.."**

"Kaya sa susunod 'wag mo ng iisiping ikaw lang ang nasasaktan.. dahil imposible 'yon.." mahinang tugon niya kaya sinilip ko ang mukha niya at nagtama ang paningin namin. Natigilan ako at napatitig sa mga mata niya. **"Hangga't mahal kita, masasaktan pa rin ako kapag nasasaktan ka--"**

"Edi 'wag nating saktan ang isa't isa.."

"Kasama na yata talaga 'yon.." pilit ang ngiting aniya at niyakap ko naman siya ng mahigpit at hinalikan ang noo niya.

"Edi bumawi tayo. Pasiyahin natin ang isa't isa.." nakangiting sagot ko. **"I'm willing risk everything for you because you're worth it, Taguro."**

"Mmm, sige."

Tsk! Hindi man lang maging sweet.

"Simulan mo na ngayon.." ngingisi ngising dagdag ko at umirap naman siya. **"I-Ilang buwan mo naman akong hindi hinalikan, Babe! Buti sana kung may kasamang kiss bawat sulat mo--kaso wala! Tch--"**

HINALIKAN NIYA AKO!

Ramdam na ramdam ko kung paanong sinakop ng bibig niya ang pang-ibabang labi ko at ang nakakaengganyong pakiramdam niyon.

5

4

3

2

1

Hindi ko mapigilan ang mapangiti sa kalagitnaan ng matamis niyang halik. Napapangiti ako sa twing mararamdaman ko ang pananabik sa mga siil ng labi niya----

HUMINTO SIYA!

"B-Bakit ka huminto--"

"Pinagtatawanan mo ba ako?!"

"A-Ano--hinde!" sagot ko ngunit hindi man lang niyon nabawasan ang pagkakasalubong ng mga kilay niya! **"B-Babe.."** tawag ko na hinawakan pa ang pisngi niya pero tinalikuran niya ako. **"N-Nangingiti lang ako kasi--"**

"Tss!"

"Babe.."

"Sige na, matutulog na ako." aniya pa at saka bumuntong-hininga.

"G-Gusto k-ko pa, eh.." naiilang at kagat-labing bulong ko. **"Pakiligin mo pa ako."** nakangiting dagdag ko at natawa siya.

"Tsk tsk tsk!" umiling siya at inilagay ang hintuturo sa labi ko. **"Sandali lang akong humalik.. but I make it *last*.."** mahinang bulong niya pa at muling hinalikan ako sa labi. **"TSUP! I love you, goodnight."**

"MADAMOT!" sigaw ko at natatawang nahiga siya.

Muli kong inayos ang kumot niya at hinalikan ang noo niya. Sandali ko pa siyang tinitigan at nung hindi na siya sumagot ay saka ako lumipat sa kabilang kama at tinitigan siya doon hanggang sa makatulog.

OceanofPDF.com

AUTHOR'S NOTE

Hello, JIJIES!

You can now watch **HE'S INTO HER SERIES WORLDWIDE** for **FREE** on **iWANTTFC app**, starring **Belle Mariano** as Maxpein del Valle and **Donny Pangilinan** as Deib Lohr Enrile.

You may follow me on the following social media platforms:

Website: **www.maxinejiji.com**

Facebook: **www.facebook.com/maxinejijistories**

Facebook: **www.facebook.com/hesintoher**

Twitter: **www.twitter.com/maxinejiji**

Instagram: **www.instagram.com/maxinejiji**

Lyka: **maxinejiji**

Tiktok: **maxinelat**

Youtube: **www.youtube.com/maxinejiji**

You may also read my other stories for free here: **www.wattpad.com/maxinelat**

Thank you and stay safe!

- MAXINEJIJI <3

DISCLAIMER : This is a work of fiction. Names, characters, businesses, places, events and incidents are either the products of the author's imagination or used in a fictitious manner. Any resemblance to actual persons, living or dead, or actual events is purely coincidental.

© HESINTOHER.All Rights Reserved. Maxinejiji. 2013.

OceanofPDF.com

CHAPTER 168

DEIB'S POV

Naalimpungatan ako at dahan dahang iminulat ang mga mata ko. Naramdaman ko agad ang saya sa dibdib ko kaya naman dahan dahan akong bumaling patalikod upang makita lamang na WALA si Taguro sa kama niya!

Daglian akong napabangon at agad siyang hinanap ng mga mata ko sa kabuuan ng kwarto!

Nasaan na ang puso ko!

Bumangon agad ako at naligo. Pagkabihis ko ay doon ko lamang kinuha ang cellphone ko upang tawagan siya.

Pero nakailang tawag na ako, hindi niya pa rin ito sinasagot.

"Busy'ng busy? Tch!" bulong ko pa. Sinulyapan ko ang relos ko at alas onse na ng umaga. Idinial ko ang number ni Lee. **"Hello, Lee? Nasaan kayo?"**

"Nandito kami sa harap ng dagat, bumaba ka na, nandito kaming lahat. Grabe ka matulog! Anong ginawa mo kagabi, ha?"

"Tch! Loko!"

"Hahahaha! Ikaw, ah!"

"Tigilan mo ko! Wala akong puso ngayon! Sasaktan kita!"

"Hahaha! You're so gay, Deib. Hihintayin ka namin dito."

"Sige." tsaka ko ibinaba ang linya. Sinulyapan ko pang muli ang kama ni Taguro. **"Wala talaga siya?"** tiningnan ko pa ang ilalim ng kama pero wala talaga siya! **"Tsk! Saan ka nagsuot--BABE!"** nakabusangot talagang sigaw ko! **"Tsk! Namimiss pa naman kita! Ilang oras rin kitang hindi nakita dahil natulog ako, ah!"** bulong ko pa matapos lumabas ng kwarto.

Tsk! Dapat talaga ay hindi ako natulog, eh! Para walang oras na hindi ko siya makikita! Hahahahaha! I'm so in love with this girl!

"Good morning, Sir!" bati elevator boy sa'kin at tinanguan ko naman siya. **"What floor, Sir?"**

"Ground floor, please." tugon ko at agad nitong pinindot iyon.

"Yeah, and I believe that their family is very rich! Ikaw na ang magmay-ari ng mga Hotels sa Manila, 'di ba?" dinig kong sabi ng nasa likuran ko.

"Rich and famous! I envy her!" tugon naman ng kasama nito.

~TING!~

"Thank you." sambit ko pa sa elevator boy tsaka lumabas ng Hotel. Agad akong sinalubong nila Mommy't Daddy. **"Good morning, wonderful people!"**

"Hey, son. Late ka na yatang nagising?"

"Mm, napasarap ang tulog ko, Dad. Nakita niyo po ba si Taguro?"

"She went somewhere."

"W-Where? Bakit hindi siya nagpaalam sa'kin?"

"Yiieee! I told you, she's sweet! Dati pa man ay hinahayaan ka lang niyang matulog!" nanunuksong ani Mommy at hinalikan ko naman ang noo niya.

"Anong sweet don, Mom?" nakangiwing tanong ko. **"Mas gugustohin kong mapuyat makita ko lang ang mukha niyang hindi naman sobrang ganda, bwahahahahahahaha--"**

"Kasama niya si Randall--"

"What!?" pigil ko agad kay Mommy.

"Yes, baby? Why?"

"M-Mom? Bakit siya sumama don? At hindi pa siya nagpaalam sa'kin! Kanina tinatawagan ko siya at hindi niya pa sinasagot!" nakabusangot talagang singhal ko! **"Kagabi ay ilang beses niyang sinabi sa'kin na hiwalayan ko na siya--tapos kasama niya na naman si Randall ngayon? I-Ito ba 'yung sinasabi niyang pagmamahal!"** wala sa sariling naiusal ko at natawa naman sila. **"Tch! Saan ba siya nagsusuot! Akala ko pa naman ay makakasama ko siya dito magdamag!"** inis talagang dagdag ko.

"Calm down, baby!"

"I can't, Mom! Nagdala ako ng damit ng pang-isang linggo tapos magpapa-araw lang ako mag-isa dito? Papatayin niya ba ako?!"

Pakiramdam ko ay unti-unting pinipiga ang puso ko, Taguro! Sinasaktan mo na naman ako!

"May inaasikaso yata sila, Son." ani Dad pero hindi ako nakumbinsi. Sumimangot pa rin ako ng todo!

Hindi niya ako mahal!

Pupulutin mo talaga isa-isa ang bawat piraso ng puso kong dinurog mo, Taguro!

Kung anu-anong pumapasok sa isip ko!

Iba't ibang tanong!

Masasakit sa paningin na ginagawa ni Randall!

Mga nakakaselos nilang titigan!

Mga ngiti ni Taguro na para sa'kin ay akin lang!

She's killing me! Naiisip ko pa lang ina-agnas na ako!

"B-Baby! Where are you going?" dinig kong ani Mommy matapos kong maglakad papalayo! **"You're not eating breakfast yet! Baby!"**

"Tsk, ayoko na! Magpapakalunod na lang ako sa dagat! Huhuhu!" wala sa sariling sambit ko at saka nagtuloy sa paglalakad! **"B-Bakit ba siya ganon? Manhid! Tsk! Inaasahan ko ay mukha niya ang una kong makikita!"** napabuntong-hininga ako at iingit-ingit na naglakad! **"Iniwan niya na ako ng matagal, ngayon iniwan niya pa rin ako dito! Bakit ba ang hilig niyang mang-iwan! Ang dami dami niyang pangako! Wala naman siyang tinupad maski isa! Sinungaling! Mangloloko! Magnanakaw ng puso!"** emosyonal pang singhal ko. Natanaw ko naman agad sina Lee na abala kasama ang mga girlfriends nila at 'yung dalawang bakla! **"Hoy!"**

"Hey there, Mr. Right!" bati sa'kin ni Tob at sinimangutan ko naman agad siya't tinanaw ang dagat. **"Oh? Ang aga aga, nakabusangot ka! Iwasan mo 'yan at baka 'yan na ang maging normal mong mukha! Hahaha! Anong nangyari sa'yo?"**

"'Wag mo kong kausapin!" sigaw ko sa kaniya.

"Hala! Hahahahaha! 'Yan ang trip, dre! Edi sana nagsolo ka na lang sa Hotel! Hindi ka na namin kaibigan!"

"Let's swim, Deib!" anyaya naman ni Lee.

"Ayoko! Kayo na lang!" sagot ko.

"Psh! Mukhang alam ko na 'to, dre!" nakangiwing biro ni Tob at sinamaan ko naman siya ng tingin! **"His *heart* is not functioning well! Hahahaha!"**

"Tch! Nasaan na ba kasi si Taguro?!" kakamot-kamot sa ulo'ng tanong ko! **"Natulog ako ng nakikita ko siya pero paggising ko ay wala na naman siya! Nakakatrauma! Hindi man lang nag-iwan ng note! Ano? Nagsabi ba? Nasa Korea na naman ba siya!?"** inis na sigaw ko at nagtawanan naman sila. **"May mga puno naman sa Pilipinas bakit**

nangingibang-bansa pa siya! Tapos ipagpipilitan niyang normal siya? Abnormal siya!"

"OA? Ano ka ba, Sensui! May inaasikaso lang 'yun!" sagot naman ni Parrot!

"Ah, talaga?" sarkastikong tugon ko. **"Kasama si Randall? Wow! Napakasarap pakinggan! PARROT!"**

"Napakaseloso mo! Hahahaha! Babalik rin 'yon bago mag-dinner, okay?"

"A-Ano?!" hindi makapaniwalang tanong ko! **"B-Bago magdinner? Ibig sabihin, dinner pa ako makakakain!?"**

"Psh! Stop me! Wala akong sinabing ganiyan! Kumain ka kung gusto mo dahil ayaw rin ni Taguro'ng magutom ka!"

"Hindi! Hindi ako kakakain hangga't hindi ko siya nakikita! Makakasubo lang ako ng maayos kapag siya ang kaharap ko!"

"Ang sweet mo naman, Deib. Yiiieee!" ani Michiko at nginiwian ko naman siya.

Tch! Anong sweet sa hunger strike? Ang utak talaga nito!

Gusto kong mag-amok!

Gusto kong magmukmok!

Gusto kong makita si Taguro!

Gusto ko siyang makasamang kumain!

Gusto ko siyang makausap!

Gusto ko siyang mayakap!

Gusto ko siyang mahalikan!

Muli kong naalala ang halik niya sa'kin kagabi at hindi ko maiwasan ang mapangiti!

Bwahahahaha! Napakalambot ng labi niya! At nakikita kong namumula siya! Tch! Iba talaga ang epekto ko sa kaniya, tsk! Patay na patay talaga siya sa'kin!

"Pero nakakainis pa rin!"

~KLASH!~

Inis kong sinipa ang mga buhangin!

"ARAAAAAAAY!"

"O-Oh!"

TINAMAAN SI MIGZ!

"A-Araaaay ko!" sigaw pa nito.

"Hala ka, Deib! Tinamaan mo ng buhangin sa mata ang lumba lumba!" pananakot pa ni BJ.

"M-Migz! S-Sorry!" paumanhin ko matapos lumapit sa kaniya habang hawak hawak ang dalawang kamay niyang nakatakip naman sa mukha niya! **"I'm sorry! A-Ano ba kasing ginagawa mo d'yan!"**

"Sun bathing! Ano ba! S-Sandali! Mahapdi!" aniya na hinawi ang dalawang kamay ko. Tumayo siya at umastang pupunta sa tubig.

"Ano ba 'yan, walang kwentang sirena!" biro pa ni BJ dito. Natawa pa kami nung makitang lumangoy langoy ito at nagdilat dilat sa dagat.

"Oh my God, what will happen to my pretty face!" maarteng aniya pa tsaka pipikit pikit ang kaliwang mata.

"Sorry, Migz!" sigaw ko pa sa kaniya!

"Hindi! Pagbabayaran mo ito, Mister Enrile!"

"H-Ha?"

"Oo! Bawat buhanging pumasok sa mata ko ay nabilang ko! 3188 lahat! Kiss ang kapalit! Hahahaha!" malanding aniya at nginiwian ko naman siya! **"Sige, maghubad ka nalang! Hahaha!"**

"Mukha mo! Bakla!"

"Maghubad ka na kung ayaw mong hubaran kita!"

"'Wag ka ngang maniyakis!"

"Wow, ah! Ako ba talaga ang bakla o ikaw? Magta-topless ka lang, Mister Enrile! Hindi ka magbibikini! Kung makatanggi naman 'to!"

"Ayoko! Maghuhubad lang ako kapag nasa harap ko si Taguro." nakangising tugon ko at saka nagkrus ng kamay.

"Wow, ah! Malaki ang katawan?"

"Hoy, bakla! Marami akong muscles!"

"Oo, nakuha mo sa kabibitbit ng nagbibigatang laman ng bag mo! Hahahaha! Baka nga nasa likuran ang abs mo, eh? Ano, Mister Enrile? Maghubad ka na! Titingnan ko kung pagnanasaan kita dahil nasusuka ako t'wing makikita ko ang Zarnaih at Lee! May bitterness sa'kin!"

"Hindi mo ako mapipilit! Kapag sinabi kong ayoko ay ayoko!"

"Ah, ayaw mo?" hamon niya at napaigtad naman ako.

"A-Anong gagawin mo?!"

"Dadaanin kita sa dahas, Mister Enrile!"

"Isusumbong kita sa M-Mommy ko!"

"Oh my God, ah! Hahahahaha! 'Yang pagiging certified bully mo? Nagsusumbong pa sa Mommy? I'm so scared, Mister Enrile!

Hahahaha!"

"Tigilan mo nga ako, Migz!" banta ko sa kaniya!

"'Wag kang mag-alala Mister Enrile, ipapakita natin sa Mommy mong nag-eenjoy ka sa gagawin natin, hahaha!"

"Nakakadiri ka!"

"Maghubad ka na kasi!"

"Ayoko! Si Taguro lang ang may karapatang maghubad ng damit ko--bwahahahahahaha!"

"Ayaw pala, ah? Boys! Hawakan ang ulam!" sigaw ni Migz at nagtayuan naman sila Tob at Lee! **"Hoy, BJ! Tumulong ka naman!"**

"Bakla ka! Sabi mo boys, 'di ba? Medyo insulting, ah!" reklamo ni BJ at saka tumayo! Umatras naman ako at binantaan sila!

"H-Hoy! Kayo! Kagigising ko lang! Wala ako sa mood at hindi pa ako ginaganahan makipagbiruan dahil 'yung inspirasyon ko nagpapaloko na naman sa ex niyang talento sa gitara lang naman ang inilamang sa'kin! 'Wag kayong lalapit!" banta ko pa habang umaatras! Dahan dahan nila akong nilalapitan at lahat sila ay mga nakangisi! **"A-Ano ba! Hoy! Kapag hindi niyo ko tinigilan--isusumbong ko talaga kayo kay Taguro!"** banta ko uli at saka inilabas ang cellphone ko at idinial ang number nito! Pero..

"TAH!" nahablot ni Parrot ang cellphone mula sa'kin ng hindi ko namamalayan! **"Taguro!"** sagot kunyari nito sa telepono! **"Paglalaruan muna namin ang pinakamamahal mo, ah? Please?"** mukhang tangang aniya pa tsaka sumeryoso! **"Oo, sige lang. Enjoy."** panggagaya niya sa boses ni Taguro! **"Thank you, kaibigan! Bye!"**

WTF?

"Hulihin ang ulam na 'yan at papapakin ko!" sigaw ni Migz at mabilis na nagtatakbo sila Lee at Tob papalapit sa'kin!

"Hahahhaha! Takbo pa bading na Deib! Tandaan mo--*hindi ikaw* ang pinakamabilis tumakbo dito!" banta ni Tob! **"Kundi ako!"**

"WAAAAAAAA!" nagtatakbo ako palayo sa kanila! **"Bwahahaha! Habulin niyo ko!"**

"WAHAAHA!" dinig na dinig ko pa ang tawanan nila habang naghahabulan kaming tatlo! Tumakbo ako sa kaliwa ko at umikot pabalik pero humarang agad si Migz bakla kaya umikot naman ako sa kanan!

"Oh my God! Ang POWER PUFF GIRLS, naghahabulan! Bwahahaha!" dinig kong sigaw ni Parrot!

"Bwahahahaaha!" malakas na tawa ko pa nung mailagan ko si BJ na nakanganga pang sumugod sa'kin! **"Bakla!"**

"HULIHIN NIYO!" sigaw pa ni Migz kaya lalo kong binilisan ang pagtakbo!

"Ang gwapo mo, Deib! Kyaaaaah!" tili ni Michiko at natawa naman ako!

"Alis! Alis!" sigaw ko sa mga taong nakikinood sa ginagawa namin! Nagtatakbo ako kasabay ng pag-iwas sa paghablot sa'kin nila Tob at Lee! **"Bwahahaha! A-Ah! Ah! Hahahha!"**

"Bading na bading umilag 'to, eh!" sigaw pa ni Tob matapos kong umilag!

"Bwahahahaha! WEAK!" sigaw ko sa kanila at nagtataloa parte ng buhangin na may shells! **"Habol!"**

"Shit! Ang bilis ni Deib! Hahaha! Hoy!" sigaw ni Lee!

"Pakshet! Praktisado ka ba sa pagtakbo?!" sigaw ni Tob sa'kin!

"GO, BABY!" dinig kong sigaw pa ni Mommy! Tinanaw ko sila at pareho silang nakangiti sa'kin ni Daddy!

"I love you, Mom!" sigaw ko pa.

"Hoy, Deib!" sigaw ni Migz ngunit hindi ko 'to pinansin!

"Habol! Hehehehehe!"

"TAKBO, ENRILE! TAKBO!" sigaw pa ni Tob!

"Hup!" ilag ko na naman sa kaniya!

"Sshhk! Nakakabadtrip ka! Hahahaha!"

"Ano! Habol! Ang kukupad niyo!"

"HULE!"

Nabihag ako sa kamay ni..

"T-Taguro?" gulat na usal ko't ngumisi naman siya! **"Taguro! BAAAAABE!"** sigaw ko pa at saka niyakap siya habang naghahabol ng hininga.

TUG!*DUG!

Naging kakaiba ang tibok ng puso ko.

TUG!*DUG!

Malakas ito ngunit dadalawang pintig lang at may segundong pagitan pa sa kasunod.

TUG!*DUG!

Dahan dahang nanghihina ang mga tuhod ko kaya napahigpit ang yakap ko kay Taguro.

"I love you!"

TUG!*DUG!

Tanging *I love you* niya lang ang naintindihan ko at ang sumunod ay isang matining na ingay na lang.

Nawala bigla ang pandinig ko at nagsisimulang sumikip ang dibdib ko.

Naikuyom ko ang dalawang kamay ko sa likurang damit ni Taguro nung unti-unti kong maramdaman ang sakit!

"H-Ha! Ha! Ha!" habol habol ang hiningang iminulat ko ang mga mata ko!

"W-Woi? Woi, okay ka lang?" bakas ang tono sa pag-aalala ni Taguro habang yakap yakap pa rin ako. Dahan dahan siyang kumalas sa pagkakayakap sa'kin at tiningnan ang mukha ko. Hindi ko nagawang sumagot, manapay iniiwas ko ang tingin ko sa kaniya. **"S-Sensui, a-anong nangyayari sa'yo?"** nag-aalala talagang tanong niya at pinunasan pa ang noo ko. **"D-Dadalhin kita--"**

"O-Okay lang ako." pigil ko sa kaniya at saka ngumiti. **"N-Naghahabulan kasi kami nila Tob, medyo napagod ako. S-Saan ka nanggaling?"** tanong ko pero hindi agad siya sumagot at tumitig lang sa mukha ko. Parang pilit niyang inuungkat ang kaluluwa ko kung totoo ba ang sinasabi ko. **"Halikan mo ko."** utos ko at natinag naman siya.

"S-Sensui.." nag-aalala pa ring sambit niya.

"Kiss me."

"Tss."

"Dali na." bulong ko at saka humarap sa kaniya at niyakap ang katawan niya. Unti-unting nagiging normal ang tibok ng puso ko.

"Wooooh! Ang bading nakahanap ng kakampi!" dinig kong sigaw ni Tob at natawa na lang ako habang nakatingin pa rin ay Taguro.

"Kahit *good morning kiss* lang, Babe?" nakangusong bulong ko pa at ngumiti naman siya.

"TSUP!"

HINALIKAN NIYA AKO SA PISNGI!

"Ang kuripot mo talaga!" sumbat ko pa.

"Matipid lang, baka magsawa ka, eh."

"Tch! Anong pagsasawaan ko--ang kurikuripot mo!"

"Oo na, oo na. Tara, kumain na tayo." yaya niya at ngumuso naman ako. **"Kagigising mo lang?"**

"Mm, at wala ka sa tabi ko!"

"Nandito na ako, oh?"

"Oo nga! Pero kanina--wala! Gumising akong bigo!"

"Tss."

"Babe, ang inaasahan ko ay hahalikan mo ko pagtulog at hahalikan mo ko lalo paggising! Tapos sunod sunod na! Bago at pagkatapos maligo sa umaga! Bago at matapos kumain sa tanghali! Bago at matapos gumala--"

"Ang dami naman?"

"'Yun ang *sweetness*, Babe!" nakangiting pang-uuto ko at saka inakbayan siya at nagsimula kaming maglakad. **"Kumusta ang panglalalaki mo?"**

"Eh?" natatawang singhal niya at ngumiwi naman ako.

"Hindi ko na yata kailangang magtanong dahil mukhang nag-enjoy ka."

"Oo, at aalis na naman kami mamaya. Kaya kumain na tayo."

"A-Ano? Babe, naman?! Saan ba kayo pumupunta!"

"May inaasikaso lang--"

"At nasasaktan niyo ko sa inaasikaso niyong 'yan!"

"Ang OA nito. Hahaha!" tumawa talaga siya! Napatitig ako sa tawang 'yung pero iniiwas ko pa rin ang paningin ko!

"Ayoko! Dito ka lang!"

"Sensui, kailangan 'yon."

"Pero mas kailangan kita!"

"Wow, hahahaha! Gutom na gutom ka na siguro?" natatawa talagang aniya!

"Ano ba kasi 'yang ginagawa niyo? Sabihin mo sa'kin? Tapos isama mo ko!"

"Hindi ka pwede don."

"At bakit? Sinong may sabing hindi mo pwedeng isama ang boyfriend mo samantalang ang ex mo ay pwede? Sino? Ha? Sino? Bibitayin ko!"

"Hindi na, maaarawan ka lang don at hindi rin naman kita mababantayan. Dito ka na lang, at least, marami kang kasama."

"Nakikipag-away na naman ba kayo?" kunot-noong tanong ko.

"Eh? Hindi, ah! May inaasikaso lang talaga. Malalamin mo rin 'yon. Nagugutom na talaga ako."

"Babe?" pagmamakaawa ko. **"Isama mo na ako! Ang sabi mo pang-isang linggong damit 'yung dalhin ko--tapos iiwan mo lang akong mag-isa dito? Tinawag mo pang bakasyon!"**

"Hindi ka naman mag-isa dahil meron kang mga kasama."

"Eh, ikaw nga ang gusto kong kasama! Ang sabi mo ay hindi ka tatagal dito ng hindi ako kasama? Eh, ikalawang araw pa lang, nang-iiwan ka na!"

"Babe.." malambing na aniya at hindi ko naman naiwasang mapangiti. **"I love you."**

"E-EH?!"

"'Yan ang sagot sa lahat ng tanong mo. Hehe." aniya at ngumuso naman ako. **"Woi! Tara, kain!"** tawag niya sa iba at sumunod naman sa'min ang mga ito. **"Nagpahanda na ako sa Resto, pabalik pa lang ako kami rito. Dumeretso kami sa Hotel kaya nung hindi kita makita ron ay bumaba na ako dito."**

"'Wag ka ng mapaliwanag!" singhal ko at natawa naman siya. Hinawakan niya ang kamay ko at pilit na isinuksok ang kamay niya ron! Napangiti na naman ako sa simpleng bagay na 'yon. **"May kailangan ka siguro sa'kin? Bakit ang sweet sweet mo?"** mapanuksong tanong ko at kumunot naman ang noo niya.

"Anong sweet dito?" inosenteng tanong niya pa at napangiwi naman ako.

"WALA!"

Manhid!

"Saan ka galing, Max?" nakangiting tanong ni Lee at hinila ko naman ang kamay ni Taguro papalapit sa'kin. **"Napakaseloso mo, loko!"**

"Meron kang sariling teritoryo mo, Lee!" nakangising singhal ko sa kaniya kaya naman hindi na siya nagawang sagotin ni Taguro. Sumabay na rin sa'min sila Mommy at pagkarating namin sa Resto ay nandoon na rin sina Lolo at Manang. **"Wala sila Noona?"** tanong ko pa.

"Pinapahatiran na lamang sila ng nobya mo roon sa kwarto nila." sagot sa'kin ni Manang at tumango naman ako. **"Doon na lamang sila kumakain ni Randall."**

"Ang sweet ng girlfriend ko, Manang, 'di ba?" nakangising tanong ko.

"Oo, sa'yo lang hindi. Hahaha!" biro nito at napangiwi naman ako.

"Nakita mo na? Maski si Manang ay sinasabing hindi ka sweet sa'kin!" bulong ko pa sa kaniya at ngumiti naman siya.

"Kumusta ang lakad niyo, Miss Pein?" baling sa kaniya ni Lolo.

"Marami pa hong kulang pero matatapos na." sagot ni Taguro at parepareho naman kaming hindi naintindihan ang pinag-uusapan nila. **"Babalik kami ron matapos mananghalian."**

"Nasaan si Maxwell?"

"Naligo lang ho."

"Kasama si Ate?" gulat na tanong ni Parrot.

"Hindi, ah. Kasama nila si Maxrill." sagot ni Taguro. **"Let's eat. Nagutom talaga ako."**

"Tch! 'Yan ang napapala mo kasasama d'yan sa ex mo--GUTOM!" singhal ko sa kaniya.

"Ang ingay ingay mo naman." nakangiwing bulong niya sa'kin at nanlaki ang mga mata ko. **"Baka hindi na ako makaalis niyan?"**

"B-Bakit?"

"Mamimiss ko 'yung ingay mo, eh."

Bwahahahha! Tsk tsk tsk! Taguro.. Taguro.. Taguro..

"Deib Lohr!" tawag sa'kin ni Lolo at gulat naman akong nilingon ito. **"Ano ba't parang ikaw pa ang kilig na kilig diyan sa nobya mo?"** kunot-noong tanong nito at napanguso naman ako. **"Ikaw bata ka! Tsk tsk! 'Wag kang lalambot lambot!"** natatawang dagdag niya kaya napangiti rin ako.

"Wow, ang sarap naman ng seafood na 'to?" ani Mommy tsaka tumingin kay Taguro. **"Ang sarap mo namang pumili ng food, Maxi! Yiieee!"**

"Ah, isa ho 'yan sa mga best dishes nila rito."

"Ah, talaga? Ang gagaling naman ng chef niyo?"

"Ah, ang totoo ho niyan, hindi na ho Moon ang may-ari nitong Restaurant at iba pang Coffee Shop o kainang nandito. Itong Hotel lang ho talaga ang sa kanila."

"Ah, ganon ba, hija? Akala ko ay pag-aari niyo rin ang mga ito?" sabat ni Lolo at nakangiting umiling naman si Taguro. **"Tapos na ba ang itinatayong Hospital dito, hija?"**

"Malapit na ho, Dean. baka sa isang taon ay operational na 'yon."

"Mabuti kung ganon."

"Daanan ho natin bago bumalik ng Laguna."

"Maganda ideya 'yan."

nakangiting tugon ni Lolo.

"'Wag mo sabihing 'yon ang inaasikaso mo, Babe?" bulong ko kay Taguro.

"Hindi, si Maxwell ang umaasikaso non."

"Eh, ano ang sa'yo? Bakit si Randall pa ang kasama mo?" seryosong tanong ko.

"Sasabihin ko rin naman sa'yo, Babe. 'Wag ka na munang magtanong, ha?"

"Tsk. Baka pati d'yan sa Hospital na 'yan ay hindi mo ko pwedeng isama?"

"Pwede naman, kung gusto makipukpok ka rin don, eh. Hehehe."

"Tch! Ang pangit pangit ng jokes mo kahit kailan."

"Hindi na ako makapagjoke ng maganda dahil bukod *sa'yo* ay wala ng magandang nangyari sa buhay ko."

Natigilan ako at napatitig sa mukha niya. Seryoso siya kahit bahagyang nakangiti pa ang mukha niya, kitang kita ko ang sinseridad sa mga mata niya. Nagpaulit-ulit na naman ang linyang 'yon sa utak ko at tsaka bumaon sa puso ko. Hindi ko na naman napigilan ang ngumiti!

"T-Talaga, Taguro?"

"Joke lang."

Kumuyom ang dalawang kamao ko at nakangusong nagtuloy sa pagkain. Hindi ko na siya kinausap pa at nagpanggap akong galit. Dumating sila Maxwell at sumabay ang mga 'to sa pagkain. Naging abala sila sa pakikipag-usap kay Lolo at Daddy at ako naman ay palihim na isinusumpa ang masamang ugali ni Taguro!

Sunod sunod ang pagsubo nito sa pagkain at halatang nagmamadali!

Atat na atat makasama 'yung lalaki niya! Tch! Sumama sana ang tiyan niya para hindi siya umalis sa yakap ko--bwahahaha!

"Pero hindi ko naman hawak ang inidoro?" wala sa sariling usal ko pa at nilingon naman nila ako.

"Deib Lohr, kumakain tayo." pormal pang suway sa'kin ni Daddy kaya napayuko ako.

"Masakit ba tiyan mo?" bulong sa'kin ni Taguro at ngumiwi naman ako. **"Eh, bakit kailangan mo ng inidoro?"**

"W-Wala 'yon."

"Okay." aniya. Ngunit nagulat ako nung kunin niya ang kamay ko at sumandal ng todo sa kinauupuan niya!

"H-Hoy, anong ginagawa mo?" gulat pang tanong ko noong gawin niyang unan sa balikat niya ang magkahawak pa ring kamay namin! **"T-Taguro?"** mahinang tawag ko pa sa kaniya dahil nanunukso na ang tingin sa'min ng mga kasama ko.

"Inaantok ako." aniya at pumikit.

"D-Dadalhin kita sa kwarto."

"Hindi na, aalis na rin kami maya maya. Ayos na ako dito." aniya tsaka pumikit! Napalingon naman ako kila Lolo dahil sa maling iniasta ni Taguro. Nakangiting sinenyasan ako ni Lolo na hayaan ko na ito tsaka ako hirap na hirap na nagtuloy sa pagkain. Kung nandito si Chairman ay hindi maaari ang iniasal niya pero para sa'kin..

Ang cute cute niya! Hahaha!

Kahit nahirapan akong kumain dahil nagpapapalit palit ang isang kamay ko sa knife, spoon at fork ay hindi ko parin maiwasang mangiti sa itsura namin.

Wala pa akong nakikitang sing sweet namin! Hahahaha! Nahahawa na talaga siya sa sweetness ko.

Matapos naming kumain ay siyang pagdating naman ni Randall. Nangiti pa siya nang makita kami. **"Oh, napagod?"** natatawa pang tanong nito sa'kin matapos ituro si Taguro!

Ano namang ginawa nila at napagod siya? Tch!

"Saan ba ang punta niyo?" bulong ko kay Randall.

"Sa pusod ng dagat, bro!"

"Eh, kung ipalamon ko si RD sa Bermuda triangle, bro?" inis na bulong ko at natawa siya!

"Talagang 'yung anak ko ang target mo, ah! Eh, kung lunurin ko 'tong girlfriend mo? Hahaha!"

"Ano ba 'yang mga biruan ninyo?" gulat na usisa sa'min ni Manang at natawa naman kami rito. **"Ang mga batang ito, oo!"**

"Maxpein?" panggigising ni Randall dito. **"Let's go."**

"Ako na!" pigil ko sa kaniya.

"Tsh! Sige nga, tingnan natin kung makapag-*Babe Babe* ka sa harap ng pamilya mo!" mayabang pang bulong niya sa'kin tsaka tinawanan ako!

"Taguro!" malakas na gising ko dito at napabalikwas naman 'to ng bangon! **"Nagyayaya na ang kabit mo!"** nakangusong bulong ko pa rito na sinuklian niya ng napakatamis na ngiti at ikinatameme ko. **"A-Anong ingiingiti ngiti mo d'yan?"**

"Ang sarap ng tulog ko!"

"Tch!" singhal ko at saka nagpaumunang tumayo! Inilahad ko ang isa ko pang kamay sa kaniya. **"Ihahatid ko kayo sa labas."** anyaya ko at nangiti naman siya. **"Ihahatid ko po muna sila."** paalam ko. Sumunod naman sa'kin si Maxwell, Yaz at Maxrill. **"'Wag mo kong ipagpapalit don, ah?"**

"Babe, walang ibang lalaki ron bukod sa mga kasama ko."

"Oo nga, pero kasama mo naman si Randall!"

"Tsk. 'Wag ka na ngang magselos kay Randall."

"Magseselos pa rin ako! Bahala ka sa buhay mo!"

"Para kang siraulo!" natatawang aniya tsaka kami huminto sa pangpang kung saan nakaabang ang yate nila. **"Mauna na kayo."** utos niya sa mga kapatid.

"Ano 'yan? *Farewell*?" pang-aasar pa ni Randall bago sumakay sa yate!

"Oo! At tandaan mo! Maiiwan dito ang anak mo!" sigaw ko sa kaniya at sinenyasan niya naman ako tsaka nagsindi ng sigarilyo at umalis sa paningin ko. **"Tch! Kaya kayo nagkakasundo niyang ex mo dahil pareho kayong may bisyo!"**

"Aalis na kami. Babalik kami bago mag-alas singko."

"Kung---"

HINALIKAN NIYA AKO!

SA LABI!

Dampi lang 'yun ngunit hindi ko inaasahan kaya nabigla ako. Bukod pa ron ay may mangilan ngilang tao ang nasa paligid ko.

"May iba ng pagkakaabalahan ang labi ko kaya itinigil ko na ang bisyo." nakangising bulong niya pa at natigilan naman ako. **"Bumalik ka na ron, maiinitan ka lang dito--huk!"**

NIYAKAP KO SIYA!

"Bilisan mo, ah? 4:00 ka na lang bumalik para mas mabilis kitang makakasama--hehehe!"

"Tss."

"'Wag kang magpapakagat sa mga isda, ah? Hehehe! I love you!"

"Sige na--"

"I love you!"

"Oo na nga."

"Wala man lang akong--"

"I love you!" napipilitan aniya at saka sinenyasan akong umalis na.

"Tch! Salamat, ah! Napakasweet!" mapait na sigaw ko habang tinatanaw ang pag-akyat niya sa yate. **"Kiss ko mamaya, ah!"** sigaw ko pa at sumaludo naman siya tsaka kumaway habang nakangiti. Tinanaw ko ang paglayo nila ngunit hindi pa man nakakaisang minuto ay tinalikuran niya na ako! Inis akong napakamot sa ulo ko! **"Diyos ko. HA!"** nanlulumong usal ko. **"Lunurin ko kaya sa Honey ang babaeng 'to? Tsk!"** bulong ko pa tsaka tumalikod!

Natigilan ako sa babaeng 'yon na nasa harapan ako!

Narinig niya kaya 'yung sinabi ko?

Muntik ko na siyang mabundol.

"E-Excuse me." bulong ko pa tsaka umiwas sa kaniya.

"Ang ganda ng sikat ng araw, 'no?" tanong niya at taka naman akong nilingon 'to. **"Puting puti ang ulap at asul na asul naman ang langit. Napakaperpekto ng tanawin."**

"..." hindi ako nakapagsalita at tinanaw ko lamang ang tinitingnan niya kung saan hindi ko na matanaw ang yate nila Taguro. Tsaka ako muling tumingin sa babae'ng nasa tabi ko.

"I love this place." aniya sabay lingon sa'kin! Bahagya pa akong napaatras dahilan upang matawa siya. **"Am I that scary?"**

"A-Ah, n-no. Sorry." napapahiyang tugon ko.

"Ikaw 'yung tumatakbo kaninang umaga?"

"H-Ha?"

"'Yung nakikipaghabulan--ikaw 'yon."

"A-Ah, oo. Nagkakatuwaan lang kami ng mga kaibigan ko." tugon ko at tumango tango naman siya.

Bakit ko ba kinakausap 'to? Tch!

Ang pangit ng pag-uusap namin dahil bahagya akong nakatalikod at nakalingon lang sa kaniya! Ganon rin naman siya sa'kin! Hindi ko man tingnan ang katawan niya ay batid kong nakatwo-piece swim suit ito! Maganda ang pangangatawan ngunit hindi ko alam kung makinis.

"Mukha nga." nakangiting aniya. **"Mukhang ang saya saya niyo. Nainggit tuloy ako."** bahagya pang napawi ang magandang ngiti sa labi niya. **"Mag-isa lang kasi akong nagbakasyon dito."** aniya na nakatingin mismo sa mga mata ko.

"I see." tatangu-tangong tugon ko at nakitango naman siya. **"Mauna na ako."** pilit ang ngiting dagdag ko at ngumiti naman muli siya.

"See you around."

Tch!

Tinalikuran ko na siya at saka ako naglakad pabalik sa Hotel.

"Huli ka! Namimingwit ka sa dalampasigan, ah!" bungad sa'kin ni Parrot!

"A-Anong sinasabi mo d'yan?"

"Hoy! May teleskopyo ang mga matang 'to!" duro niya sa mukha niya. **"Sino 'yung babaeng kausap mo?"**

"Malay ko, hindi ko naman tinanong ang pangalan niya!" nakangusong sagot ko.

"0917MAXPEIN--Hello! Ang Deib Lohr--nangbababae!" sigaw ni Parrot na may kausap sa cellphone! Nanlaki ang mga mata ko at umatras siya!

"H-Hoy! Hindi ko kilala ang babaeng 'yon! Kinausap niya lang ako! Siraulo ka, Parrot!"

"Lagot ka!" pananakot niya pa sa'kin tsaka iniabot sa'kin ang cellphone!

"H-Hello, Babe?" utal na sagot ko.

"Kaaalis ko lang, tsk tsk." tugon nito! **SI TAGURO NGA!**

"Hoy!" duro ko kay Parrot! **"Maingay ka na nga--sinungaling ka pa!"** singhal ko dito! **"B-Babe, hindi naman totoo 'yung sinasabi niya! May kumausap lang na babae sa'kin don pagkaalis niyo! Kasalanan mo 'yan dahil tinalikuran mo ko, edi sana nakita mo!"**

"Ang harap harapang pambababae mo?"

"B-Babe! Hindi ko naman babae 'yon! Hindi ko nga kilala 'yon!"

"Sige na, matutulog muna ako--"

"Babe!"

"HOY! HOY!" kalabit sa'kin ni Parrot!

"Ano ba!" sigaw ko sa kaniya!

"Aba! Nakikigamit ka lang ng linya, ah! Akin na 'yang cellphone ko! Gamitin mo 'yung iyo! Akin na!"

"Teka! Kausap ko pa si Taguro!" sigaw ko uli sa kaniya tsaka bahagyang lumayo. **"Babe!"**

"Ibalik mo na 'yung cellphone ni Naih--"

"Kausapin mo muna ako!"

"Binibiro lang kita!"

"Galit ka, eh!"

"Asa! Hahaha! Anong kala mo sa'kin? Selosa? Hahaha! Magpayakap ka man sa isang libong babae sa harapan ko ay

dedeadmahin ko lang sila! Hehehe."

"Tch! Oo, dahil hindi mo ko mahal!"

"Tss, hindi ko na nga magawang magselos dahil masiyado kitang mahal."

"T-Talaga?"

"Hahaha! Oo naman"

"Tch! Bakit hindi mo masabi sa harap ko 'yan!"

"Nahihiya ako, eh."

"E-Eh?"

"Nahihiya ako, eh."

"Tch! Sabihin mo 'yan sa harap ko!"

"Hindi na, nasabi ko na dito, eh."

"Taguro, naman? Mahal mo ko talaga?"

"Anak ng.."

"Sabihin mo na lang! Puro ka yabang! Hirap na hirap ka na ngang ipakitang mahal mo ko--maski pagsasabi ba naman ay ganon pa rin!?"

"Hahahaha! Napakareklamador mo, alam mo ba 'yun?"

"Sa'yo lang naman ako ganito."

"Talaga?" nakangiti talagang tanong ko pa.

"Gusto kitang makita."

"B-Bumalik ka na dito!" mas napapangiting tugon ko. Pakiramdam ko ay idinuduyan ang puso ko!

Heheheehe!

"Matatapos din 'to, magkikita rin tayo mamaya." aniya at napanguso naman ako.

"Bukas, may gagawin ka pa?"

"Oo, may aasikasuhin din ako."

"Ano na naman!"

"Ikaw naman." sagot niya at napangiti na naman ako.

"Tik! Tak! Tik! Tak! Tik! Tak!" pumaibabaw ang boses ni Parrot at nakangiwi akong nilingon ito! **"Tik! 30 pesos per minute! Tak! Tik! Tak! 60 pesos! Tik! Tak! Tik! Tak! 90 pesos! Tik! Tak!"**

"P-Peste!" gigil na singhal ko. **"Babe! Tatawagan na lang kita, sinisingil na ako nitong kaibigan mo! Kuripot!"**

"Oh, sige na. Nandito na rin kami. Hintayin mo na lang ako mamaya. Hindi ako makapaghawak ng cellphone ngayon. I love you. Hintayin mo ko, ah? Palalaguin natin 'yang damdamin mo."

malambing pang aniya at lumitaw naman ang mapuputing ngipin ko at nginitian ng todo si Parrot!

"I love you, Babe!"

"Bye." aniya at saka ibinaba ang linya! Buong puso ko namang ibinalik 'yon kay Parrot.

"Oh! Salamat sa pagpapagamit mo ng may sama ng loob, Parrot!"

"Wow, ah! Salamat rin sa sumbat! Nakakabutas ng bulsa! Grabe!"

"Pareho kayong magkaibigan! Mga kuripot!"

"Kasi po, mga babae kami at kami dapat ang ginagastusan!"

"Hoy! Ginagastusan ko si Taguro! Masiyado lang siyang mayabang kaya nauunahan niya ako!"

"Ang sabihin mo--wala kang inintindi kung hindi ang pangbababae mo!"

"A-Anong babae ba ang sinasabi mo d'yan? Sinisiraan mo ko kay Taguro!"

"Hmm. Kitang kita ko kung gaanong ka-sexy 'yung babaeng 'yon, Sensui! 'Wag mo kong tinutokshit! Huling huli ka!"

"Mukha mo! Maingay ka masiyado! Ang sabi ni Taguro mahal na mahal niya ako kaya hindi siya magseselos kahit kanino!"

"Oo pero darating ang panahon at magbebreak din kayo! At iiwan ka niyang luhaan, Sensui! Luhaan!"

Natigilan ako sa sinabi niyang 'yon at hindi agad ako nakapagsalita! Humalhak siya sa harapan ko at ngumuso naman ako tsaka iniwas ang paningin ko.

"Oh? Hindi ka na makasakay sa mga pang-aasar ko?" natatawa pa ring tanong niya.

"'Wag mo nga akong bibiruin ng ganiyan!"

"B-Bakit? H-Hehehe!"

"Hindi ko gusto." tugon ko at tsaka tinalikuran siya.

"O-Oy! Sensui! Nilolоko lang, eh! Eto naman! Hoy!"

Tch! Pareho kayong magkaibigan! Pangit magjoke!

Umakyat ako sa taas at dumeretso sa kwarto ni Noona. Nakita ko siyang nilalaro si RD!

"Baby!!" sigaw ko agad at nilingon niya naman ako!

"Sshh! Ang ingay mo!"

"Ngayon ko lang uli makikita si RD, Noona!"

"Mm, t'wing umaga ko lang siya inilalabas sa terrace para makalanghap ng hanging-dagat at maarawan. Magdamag lang kami rito para na rin makapagpahinga ako." aniya. Nahiga naman ako sa kabilang bahagi ng kama at nilaro ang kamay ng baby. **"Anong ginagawa mo rito? Bakit hind mag-enjoy kasama ang mga kaibigan mo?"**

"Tch! Ang gusto kong makasama ay si Taguro--iniwan naman ako!"

"Hahahaha! Oo nga, magkasama sila ni Randall."

"Pumayag ka naman!?"

"Bakit naman hindi? Simula nung dumating si RD sa buhay ko ay nabura lahat ng selos ko."

"Kung ganon ay kailangan ko na rin bang bigyan ng anak si Taguro?" inosenteng tanong ko at kumunot naman ang noo niya tsaka pinalo ako! **"A-Aray!"**

"Sira ka! Gusto mong magaya sa'kin?!"

"Tch! Sino namang gugustohing magaya sa'yo? Ayokong mag-Doktor!" singhal ko! **"Sabi mo kasi ay nakakawala ng selos ang baby! Hahaha! Baka sakaling mawala ang pagseselos niya kapag binigyan ko siya ng baby!"**

"Siraulo! Sa'kin lang 'yon! At saka, si Maxpein? Nagseselos?"

"Sobra!" bigay na bigay na sagot ko pa. **"Napakaselosa niya! May kinausap lang akong babae kanina na hindi ko naman kilala ay nagselos na."** pabayang pang tugon ko. **"Because she loves me. Bwahahahahaha!"**

"Psh! Oh, baka naman binabaliktad mo lang? Sa pagkakakilala ko kay Maxpein ay hindi siya selosa!"

"Tch! Nakakainis! Hindi man lang magselos ang babaeng 'yon!"

"See? Bwahahahaha! You're stupid!" sigaw niya pa.

"T'wing kailan ba nagseselos ang babae, Noona?"

"Nako, Deib. 'Wag mo ng hilinging magselos si Maxpein at baka kapag pinagselos mo 'yan ay hiwalayan ka bigla! Sige ka!"

"H-Hindi ko naman siya pagseselosin dahil alam kong hindi ako mananalo sa kaniya! Tch! Gusto ko lang malaman!" nakangusong tugon ko habang nilalaro pa rin ang kamay ni RD.

"Siyempre, ayaw namin ng may dikit ng dikit sa boyfriend namin. Ayaw namin ng may mga malalandi silang kausap. Lalo na kapag nagpapalandi sila!"

"Lahat naman 'yang sinasabi mo ay 'yung mga ayaw mo kay Randall! Hindi ako babaero, okay? Stick to one ako!"

"Eh, sino naman ang pagbabasihan ko sa tanong mo?! Si Randall lang naman ang naging boyfriend ko! Psh!"

"Tsk. Ano ba kasing ginagawa nila ron? Bakit kailangang magkasama pa sila?"

"Hindi ko rin alam, eh. Ayaw rin sabihin sa'kin ni Randall."

"Akala ko pa naman ay kaya tayo pupunta dito ay dahil magdamag akong susuyuin ni Taguro! Nagcelebrate lang siya ng birthday niya sa pagsigaw sa'kin tapos wala na!"

"Kinuwento nga sa'kin ni Randall na hinara mo raw si Maxpein?"

"Ang sweet ko, 'di ba?"

"Si Randall ang sweet dahil tinugtugan ka niya matulungan ka lang makipag-ayos sa girlfriend mo!"

"Sige! Ibida mo pa 'yang boyfriend mong maniyakis! Humahawak pa sa bewang ng girlfriend ko!"

"Napaisip-bata mo, Deib! Hahahaha! 'Wag ka ngang ganiyan! Sa ngayon nakatutuwa pa 'yang paganiyan ganiyan mo at cute, pero kapag tumagal ay magsasawa si Maxpein sa pangungulit mong ganiyan! 'Wag mong bigyan ng meaning ang mga bagay na balewala lang sa kanila, okay?"

"May tiwala naman ako kay Taguro." nakangusong tugon ko. **"Ganito lang ako pero.. hahahaha! Alam kong mahal niya ako! Nararamdaman ko kahit hindi niya sabihin! Tsk! Nakakainis! Hahahaha!"**

"Yuck, dongsaeng! Bading ka!" natatawang aniya.

"Siguro nga, Noona! Hahahaha! Ang sarap ma-in love!"

"AHA! Anong masarap ma-in love?"

Sabay kaming napalingon ni Noona sa pinto at bumungad doon si Mommy!

"Nandito pala ang mga angels ko!" dagdag niya pa at tsaka lumapit sa'min. Naupo siya sa harapan ko kaya inihilig ko ang ulo sa hita niya. **"Ah, baby--ang laki laki mo na, ganiyan ka pa rin sa Mommy mo?"**

"Tch! Mom, ngayon na lang ulit ako humiga sa'yo."

"Hihihihi! Si RD na ang dapat nahihiga sa lap ko ngayon, baby!"

Ngumuso ako sa kaniya at tumawa naman siya!

"Just kidding! Oh, bakit hindi kayo bumaba? Bakit kayo nagkukulong dito?"

"Wala naman don si Taguro kaya dito na lang ako. Maiinggit lang ako sa mga kasama ko." nakangusong sagot ko. **"Lahat sila ay sweet sa isa't isa samantalang si Taguro lalambingin ka nga--sapilitan pa!"**

"Ah? Ang sweet kaya nang ginawa niya kanina? Natulog siya gamit ang arms mo, baby!"

"Oo nga, Mommy pero kapag kaming dalawa na lang ay hindi niya 'yon ginagawa! Pero--hahahaha! Hindi ko rin inaasahang gagawin niya 'yon sa harap niyong lahat! Tsk tsk!"

"Ang sweet niya, 'di ba, baby?"

"Sobra! Hahahaha!"

"My God, Deib! I can't believe you! Hindi man lang kita nakitang nagkaganiyan kay Kim!" natatawang ani Noona.

"Dahil hindi ko naman minahal ng ganito si Kim! Bwahahahahaha!" nakadilang tugon ko. Nagtuloy lang ang masayang kwentuhan namin. Ultimong 'yung pagiging brokenhearted ko nung umalis si Taguro ay inungkat ni Noona at pinangdirihan lahat. Pero natuwa sila nung malaman nila 'yung tungkol sa sulat ni Taguro na siyang sagot sa mga Voicemail Messages ko.

Hapon na nung lumabas ako mula sa kwarto ni Noona, pakakainin daw niya si RD at hindi raw ako pwede ron.

Tch! Ano bang ipapakain niya sa baby niya at hindi ko pwedeng makita?

Nakasimangot akong bumaba ng Hotel at hinanap ang mga kaibigan ko. Namataan ko naman agad si Parrot kaya umiba ako ng lakad sa gawi nila. Hindi naman ako galit sa biro niya kanina pero kinabahan kasi ako. Inalis ko 'yun sa isip ko.

Naglakad ako ng naglakad sa tabing-dagat habang nagpapalipas ng oras. Malapit ng mag-alas kwatro kaya naman lumulundag na ang puso ko.

Sa paglalakad ko ay muli kong narating 'yung lugar ng mga tiyangge kung saan binili namin ni Taguro sina Tagsen at Dugong. Mas maraming tao ngayon doon kumpara noong unang beses na pumunta ako rito. Mas marami ang foreigners kesa sa kakulay ko. Nagtingin tingin na lang ako ron dahil walang laman ang bulsa ko bukod sa cellphone ko.

May nakita akong isang stall na puro accessories ang tinda. Lumapit ako ron at nagtingin. May nakita akong simpleng itim na bracelet at nangiti pa ako nung maisip kong bagay 'yon sa'min ni Taguro.

"Ang sabi nila.. hindi raw magandang may isang bagay na magkapares ang isang couple."

Gulat akong nilingon ang babaeng 'yon na nagsalita sa tabi ko. Naibaba ko ang kamay ko nung salubungin niya ang paningin ko. Siya 'yung babaeng nakausap ko sa tabing-dagat kaninang umaga. Ngumiti siya sa'kin kaya iniiwas ko ang paningin ko't ibinalik 'yon sa bracelet na hawak ko.

"Ibibigay mo ba 'yan sa girlfriend mo?" tanong niya pa.

"Hindi."

"Ah, dahil wala kang girlfriend." aniya at kumunot naman ang noo ko ngunit hindi ko pa rin siya nilingon. **"Ang sabi nila ay pangit daw sa isang relasyon ang may couple ring, couple bracelet o couple necklace. Kasi.. magbrebreak raw ang mga ito kapag ganon."** dagdag niya at natigilan naman ako. Napatitig ako sa bracelet na 'yon na hawak ko. Bagaman gusto ko talagang ibigay 'yon kay Taguro kapares ng akin ay kinabahan ako sa sinabi niya.

"Bili ka na, bagay!" nakangiting sabi pa nung tindera. **"Bagay na bagay 'yan sa inyo nitong nobya mo."** turo niya pa sa babaeng tabi ko!

"No, she's not my girlfriend."

pormal na tugon ko tsaka inilapag ang bracelet na 'yon. **"Excuse me."** iwas-tinging paalam ko pa tsaka tinalikuran sila.

Tch! Bakit ba siya lapit ng lapit! Mukha ba akong interesado sa kaniya?

Nagtuloy ako sa paglalakad at hindi ko maipaliwanag kung bakit pakiramdam ko ay sumusunod siya sa'kin! Kaya naman kunot-noong lumingon ako!

Walang tao.

Bukod sa ibang mamimili na nandoon ay hindi ko nakita 'yung babaeng kumakausap sa'kin.

Ano ba 'yun? Multo?

Nagtindigan ang mga balahibo ko!

Pero nakita rin siya ni Parrot kanina! Tch! Mga naiisip mo, Deib!

Hindi ko na inisip pa 'yon at nagtingin na lang ako sa iba pang mga tiangge. Doon ko lang nalibot ang lugar na 'yon. Napakaraming souvenir items na masarap ipangregalo. 'Yung mga bagay na binigay ni Parrot kina Lee at Tob ay nakita ko rin doon. May mga t-shirts rin na may nakasulat na Palawan at iba pang produkto sa lugar na 'to.

"Mayad na hapon, bagay!" nakangiting bati pa sa'kin ng isang tindera ng buko juice. Tinanguan ko naman ito tsaka ako ngumiti.

"Magandang hapon rin po."

"Ikaw 'yung bisita ni Miss Maxpein, hindi ba?" tanong niya at bahagya pa akong natigilan bago tumango. **"Tikman mo itong buko juice namin."**

"A-Ah, hindi na."

"Sige na, Sir! Libre naman po ito." nakangiting aniya pa kaya lumapit na lang ako sa kaniya. **"Inihabilin naman po ni Miss Maxpein na kung dadaan ang sino man sa mga bisita niya ay asikasuhin namin. Isa po ako sa mga tauhan nila. Ito po, tikman ninyo."** aniya at iniabot sa'kin ang pinakamalaking baso.

"Thank you." tugon ko at pinanood niya naman akong inumin 'yon. **"Mm, masarap!"** papuri ko dahil sa nanunuot na lasa nito. Hindi mo malalasahan ang tubig o asukal na kadalasang inihahalo ng mga taga-Laguna dito dahil ang isang 'to ay lasang lasa ang buko. **"Malasa."**

"Salamat, bagay! Paborito 'yan ni Miss Maxpein, mamaya po ay padadalhan ko kayong mga bisita roon."

"Salamat."

"Hindi po ba kayo sumama sa kanila sa isla?"

Isla? Wala namang nabanggit na isla ang pinakamamahal ko.

Umiling lang ako at saka ngumiti sa kaniya.

"Maganda roon sa isla, sana ay maisama niya rin kayo kahit isang beses." dagdag niya pa at tumango naman ako ng may pilit na ngiti.

Hanggang sa makabalik ako sa dalampasigan ay hindi na nawala sa isip ko ang sinabi ng tindera. Hindi ko lalo maiwasan ang mainip kahihintay sa kaniya dahil nagsusulputan na naman ang daan daang tanong sa isip ko.

Wala namang binanggit sa'kin na isla si Taguro! Anong ginagawa niya sa isla at kasama niya pa talaga ang ex niya?! At talagang may isla pa palang mas maganda pa rito? Tch! Dinala niya si Randall sa lugar na mas maganda? Pakshet!

"Tch! Kung hindi niya lang kasama sina Yaz at 'yung mga kapatid niya ay hindi ko talaga siya papayagan!" mahinang singhal ko pa. Napahawak ako sa dibdib ko upang pakalmahin ang nagwawalang puso ko. Doon muling sumagi sa isipan ko ang naramdaman ko kaninang umaga. Hindi ko maipaliwanag ang sakit na idinulot non sa dibdib ko.

Para akong unti-unting pinapatay.

Kinabahan ako bigla.

Naaalala ko kung kailan ko huling naramdaman ang ganoong malakas at may pagitang tibok ng puso ko.

Kakaiba.

Malakas.

Natatakot.

At higit sa lahat.. NAPAKASAKIT.

'Yon ang naging dahilan kung bakit kinailangan kong magtungo sa ibang bansa upang magpaopera.

Pero.. b-bakit naramdaman ko ulit 'yon kanina? Dumaan ang mga pagprapractice ko ng basketball at ang interhigh pero w-wala naman akong naramdamang ganito. Kung tutuusin ay normal na takbo lang ang ginawa ko kanina at ni hindi man lang ako hiningal doon. B-Bakit ko nararamdaman 'to?

Lalo akong kinabahan.

Sasabihin ko ba 'to kay Mommy?

Alam kong si Mommy ang higit na mag-aalala kapag nalaman niya 'to.

Ayokong mag-alala siya. At ayoko lalong pumunta ulit sa ibang bansa para magpatingin. Tch!'

"Mukhang mahilig ka rin sa Nature, ah?"

"I-Ikaw na naman?" inis talagang tugon ko at ngumiti naman siya. **"Are you following me?"**

"Of course not!" natatawang tugon niya.

"Then why are you here?"

"Do you own this place?"

"No."

"Then *that* is why I am here." nakangiting tugon niya at umuling naman ako. **"Ang sungit mo naman?"**

"Because I don't know you."

"Same here. Hahaha! Look, I'm not doing anything wrong, okay? I didn't know that talking to a stanger is now a sin."

"I just want to be alone." tugon ko tsaka tinalikuran siya.

"Pero kapag nakita ulit kita mamaya, meant to be na 'yon." aniya at natigilan naman ako. Tsaka ko siya nilingon. **"Just kidding!"**

"Hindi ako interesado sa'yo, okay?"

"Okay! But I'll be honest with you, 'yung huling lalaking nagsabi sa'kin niyan? Naghahabol hanggang ngayon, hahaha!" aniya at nagsalubong naman ang mga kilay ko! Humalakhak ulit siya at tsaka hinawi

ang hangin. **"Just kidding! Hey! Don't act like that? Mukha ba akong nakikipagfling?"**

"What?"

"Hindi interesado sa'yo okay?"

"I'm taken."

"I'm married."

Gulat akong napatingin sa kabuuan niya. Kahit pa napakaluwang at may istilong gusot gusot ang dress na suot nito at bumabakat ang ka-sexy-han nito sa t'wing hahapitin 'yon ng hangin.

Hindi halata.

"Yes, I'm married." pag-uulit niya matapos kong hindi makasagot.

"I'm still not interested." tugon ko at tsaka tinalikuran siya.

"Uuwi na ako mamaya ng Manila!" habol na naman niya.

Huminto na naman ako at nilingon siya.

"Please, just find someone else. You're married? Then act like one. *I AM NOT INTERESTED*!"pagdidiin ko pa.

"But I'm here alone." nakangiti ngunit seryosong aniya.

"And I don't care." sagot ko at muling tinalikuran siya at naglakad papalayo. Hindi na siya nagsalita pa pero kung nagkataon ay hindi na talaga siya lilingunin pa.

Marami pa namang assuming na babae ngayon. Tch! Maganda ka pero hindi mo ko makukuha! Hahahaha!

Naglakad ako papalapit kila Lee. Napagdesisyonan kong manatili na lang sa tabi nila kaysa malapitan uli ng babaeng 'yon.

"Lumangoy ka naman, Deib!" sigaw agad sa'kin ni Migz.

"Maya maya na lang!" sigaw ko pabalik.

"Sige na! Ipasan mo ko sa balikat mo tapos maglalaban kami ni BJ!"

"Mukha mo! Baka mabali mo pa spinal cord ko! Hahahaha!"

"Tse!"

"Tch, akala mo magaan!" singhal ko tsaka bumaling kay Parrot na yakap yakap ni Lee. Hindi ko maiwasang makaramdam ng inggit dahil ganoon ang posisyon namin ni Taguro kagabi nung kami ang nakaupo rito sa buhanginan. **"Bakit kayo lumangoy?"**

"Galit ka raw kasi sa'kin!" nakangusong tugon ni Parrot.

"Tch! Abnormal ka kasi!"

"Biro nga lang kasi 'yon!"

"Oo at 'wag mo ng uulitin dahil hindi nakakatuwa!"

"Sorry, Sensui! Peace!"

"Tch." singhal ko at nginitian siya. **"Gusto kong lumangoy pero gusto ko ay kasama si Taguro."**

"Hindi rin naman makakalangoy 'yun agad dahil paniguradong pagod 'yun." tugon pa ni Parrot kaya napabuntong-hininga ako. **"Alam mo bang mahilig magpamasahe 'yon?"**

"T-Talaga?"

"Mm! Kaya kung ako sa'yo, masasahehin mo siya pagkarating para dagdag pogi points ka!"

"Talaga, Parrot?"

"Oo! Tapos tsaka mo yayain magswimming!"

"Tch! Edi napasma kami non!?"

"Ayaw mo nun? Pareho kayong pasmado! Bibihira sa magsyota 'yan!"

"A-Anak ng.. itikom mo na nga lang 'yang bibig mo! Walang lumalabas na maganda!"

"Maganda! Maganda! Maganda! Maganda! Oh, ayan! Hahaha! Ang init ng ulo mo! Hindi ka na mabiro ngayon, ah!" aniya ngunit itinuon ko na lang ang paningin ko kila Michiko at Tob na naglalaro sa tubig. Hawak-kamay silang sisisid at pag-ahon nila ay magkatalikod na sila.

"Tch. Bagay na bagay nga sila." mahinang bulong ko pa. **"Pero mas bagay kami ni Taguro, hehe."**

BIGLANG MAY YUMAKAP SA'KIN MULA SA LIKOD!

Agad akong kumalas at tiningnang 'yon!

"B-Babe?" gulat pang usal ko!

"Bakit parang gulat na gulat ka?" inosenteng tanong niya at napailing naman ako.

"T-Tch! Sinong hindi magugulat--biglang kang nangyayakap d'yan?" pigil ang tawang tanong ko ngunit nanatiling blangko ang ekspresyon ng mukha niya at nakatingin sa'kin. **"Babe?!"** tawag ko pa sa kaniya at kumurap pa muna siya tsaka bumuntong-hininga.

"Bukod sa'kin ay wala namang ibang makakagawa sa'yo niyan dito, hindi ko inaasahang magugulat ka sa gagawin ko." pilit ang ngiting tugon niya at kumunot naman ang noo ko.

Nagagalit ba siya?

"B-Babe, nagulat lang ako. Hindi ko alam na nandyan ka, eh."

"Tara."

"Saan tayo pupunta?"

"Kukwentuhan mo ko tungkol sa pambababae mo." seryosong aniya tsaka tinalikuran ako.

"Hala ka!" pananakot ni Parrot kaya sinamaan ko ng tingin ito! **"Joke lang! Hehehe! Sumunod ka na ron! Itutok mo ang mukha non sa aircon para lumamig ang ulo! Hehehe!"**

"Tch!" singhal ko tsaka nagmadaling sumunod kay Taguro. **"Babe, hintayin mo ko."** habol ko pa pero nagtuloy lang 'to sa paglalakad kasa mas nagmadali ako. **"Kumain ka na ba? Anong gusto mong kainin? Nasaan na 'yung mga kasama mo?"**

"Kanina pa umakyat, dito ako dumeretso para makita kita agad." nakangiting tugon niya kaya nangiti naman ako at inakbayan siya.

"I love you." malambing pang bulong ko. Dumeretso kami sa Resto at agad kumilos ang mga taong nandoon hindi pa man siya um-order. Inilatag agad ng mga ito ang napakaraming pagkain sa harapan namin. **"Ang dami naman nito? Kaya mong ubusin 'yan?"** tanong ko at ngumiti naman siya at tinanaw ang Entrance. Papasok na sila Maxwell at Maxrill kasunod si Yaz.

"Annyeong!" bati pa ni Maxrill na maganda ang ngiti sa'kin. **"Nuggets eopsseo?"**

"Eopsseo." sagot ni Taguro tsaka sinenyasan itong maupo.

Translation: No nuggets?

"Are you enjoying your stay, Deib?" nakangiting tanong ni Maxwell at tumango naman ako.

"Pero mas mag-eenjoy ako kung kasama ko si Taguro." nakangusong tugon ko tsaka nilingon si Taguro'ng sumusubo ng gamit ang chopsticks.

"Gusto mo?" alok pa nito sa'kin ng sushi'ng kinakain niya. Japanese foods kasi ang inihain. Iniawang ko ang bibig ko at sinubuan niya ako sabay ngiti. **"Tumawag ako rito bago pa man kami dumating kaya kainan agad pagkarating namin. Kumain ka na."**

"Mm, sige. Busog pa ko." tugon ko. **"Kumusta naman ang lakad niyo?"** tanong ko at nagkatinginan naman silang apat kaya nanliit ang mga mata ko. **"Hindi ko pwedeng malaman?"**

"Pwede naman, hindi nga lang ngayon." nakangising tugon ni Yaz.

"Siguro.." nanunuksong panimula ko at nilingon naman ako ni Taguro. **"May sorpresa ka na naman sa'kin, 'no?"**

"Mm."

"T-Talaga, Babe?" namamanghang tanong ko at tumango naman siya at iniamba ang panibagong sushi na isusubo niya sa'kin. Nakanganga ako kaya ipasok niya na lang iyon sa bibig ko. **"A-Anong surprise na naman 'yan, Babe?"**

"Sasabihin ko na ba ngayon? Paano ka pa masusurpresa non?"

"A-Ah, hahaha! Sige! Kailan ko ba malalaman 'yan?"

"Bukas."

"B-Bukas?"

"Mm, bukas ng hapon."

Hapon? Bwahahahahaha! Ibig sabihin ay romantic 'yon! Tsk tsk tsk! Taguro.. Taguro.. Taguro..

Hindi pa man ako nakakapagsalita ay kinuha niya na naman ang kamay ko at saka kumain ng hawak 'yon. Nagulat man ako ay natawa rin ako sa huli.

"Tsk tsk tsk." iling ko pa. **"Nagiging sweet ka na ngayon, ah?"** bulong ko at nilingon niya naman ako tsaka pabatong binitiwan ang kamay ko! **"B-Babe!"** ibinalik ko ang kamay ko sa kamay niya pero hindi niya na pinaghawak ang mga 'yon. **"Binibiro ka lang, eh!"** nakangusong reklamo ko at ngumiti naman siya tsaka muling hinawakan 'yon. **"Hehehehe! Napakaarte mo!"**

"Pagod kasi siya, pero ikaw lang ang gusto niyang makasama." nanunuksong ani Yaz. Kaya nakagat ko ang labi ko sa tuwa.

Bwahhahaha! Pakshet!

Pakiramdam ko lahat ng sushi ay nakangiti sa'kin. Ang mga dahon ng malunggay na nasa soup ay mga hugis puso. At ang mga karneng piniprito ni Maxrill sa harap ko ay kakorte ni Kupido.

"Edi bukas ng umaga pala.. dito lang tayo?" nakangising tanong ko kay Taguro. Nag-isip naman muna siya bago tumango! **"Edi lalangoy tayo bukas?"**

"Gusto mo bang lumangoy?"

"Oo naman! Hahahahaha! Naiinggit na nga ako ron sa kanila, eh! Wala akong partner! Tch!"

"Magsnorkeling ulit tayo." sabat ni Maxwell at nilingon naman namin ito.

"Yiieee! Gusto ko 'yan!" animong kinikilig na sabat ni Yaz.

"Kasama ka ba?" pang-aasar ni Maxwell dito at nginiwian naman siya nito. **"Bawal ang malikot don, matatakot ang mga isda."**

"Psh! Kanina ka pa, ah!"

"Malamang, kanina ka pa nakabuntot sa'kin, eh."

"H-Hey! Excuse me!? Baka niyaya ako ng kapatid mong sumama para may kalaro siya?" pagtataray ni Yaz dito.

"Oo at sumama ka dahil alam mong kasama rin ako."

"U-Ugh! Ang KAP--HAL ng mukha mo!"

"Tsh. You were playing hide and seek and you're always hiding somewhere near *me*. Kaya ka nahuhuli parati."

Nagtuloy ang asaran nung dalawa, seryosong sa pang-aasar si Maxwell habang pikon na pikon naman na si Yaz. Nilingon ko si Maxrill at sunod sunod ang naging pagsubo nito ng pagkain at walang pakialam sa mga kasama niya. Kaya nakangiting nilingon ko naman si Taguro.

"Mukhang napagod kayo ng sobra ron, ah?" bulong ko pa at tumango naman si Taguro. **"Edi magpapahinga ka agad?"** nakangusong tanong ko at nilingon niya naman ako.

"Depende, kung antokin agad."

"Tch! Eh, napaka-antokin mo nga!"

"Edi matutulog agad." tugon niya at tsaka nagtuloy sa pagkain.

"Sasamahan kitang matulog."

"Paano ako makakatulog non?"

"B-Babantayan lang naman kita, ah?"

"Madaldal ka kaya kakausapin mo pa rin ako. Bading ka kaya tititigan mo lang ako ron habang nakangiti. Doon ka na lang sa dagat, lumangoy ka kasama nila." aniya at ngumuso naman ako. Hindi na ako nangulit pa dahil sa tono ng pananalita at itsura niya ay halatang kailangan niya talagang magpahinga. Bumuntong-hininga na lang ako at pinanood siyang kumain. Hindi ako kumuha ng sarili kong pagkain dahil mas gusto kong subuan niya ako. Pati baso niya ay hinahayaan niyang inuman ko. Ngayon niya lang uli ginawa sa'kin 'to kaya tuwang tuwa ako.

Matapos kumain ay nakipagkumustahan pa muna sila kina Lolo, Mommy at Daddy. Sabay sabay din kaming pumasok sa kwarto at hinintay ko pa munang matapos maligo si Taguro bago ko siya pinuntahan.

"Babe?"

"Mm?"

"Mahilig ka raw sa masahe? Gusto mo--masahehin kita?"

"Sino me' sabe?"

"Si Parrot."

"Hindi."

"H-Ha?"

"Hindi ako nagpapamasahe."

"B-Bakit?"

"Ayoko ng may humahawak sa'kin."

"Eh, bakit si Randall?"

"Anak ng tokwa namang Randall 'yan! Nakamove on nako't lahat ikaw hindi pa! May gusto ka ba kay Randall?"

"A-Ano?!"

"Tss. Umalis ka na d'yan, matutulog muna ako."

"G-Gusto kitang samahan, Babe."

"Hindi nga ako makakatulog."

"Makakatulog ka."

"Hindi, dahil malikot ka."

"Tsk."

"Sige na, kapag nagising ako mamaya pupuntahan kita ron."

"Hindi mo ko mahal." bulong ko at saka padabog na umalis.

Nakanguso akong bumaba sa Hotel at pumunta kila Lee.

"Oh, bakit nakasimangot ka na naman?" bungad ni Tob.

"Pagod si Taguro!" inis na sagot ko.

"Hahahaha! Dre, may ilang araw pa tayong mag-i-stay dito kaya makakasama mo siya ng matagal, okay?"

"Yeah right."

Hindi naman ako nagtatampo. Gusto ko lang talaga siyang makasama. Wala na naman akong nagawa kung hindi ang tumunganga sa kanilang lahat. Panay ang asaran nila BJ at Migz habang naglalambingan naman sila Lee, Parrot, Tob at Michiko. Panay lang ang buntong-hininga ko habang nakaupo sa buhanginan. Mag-a-alas sais na rin ng hapon kaya palubong na rin ang araw. Pinanood ko na lang 'yun habang nakaupo sa buhanginan.

Para hindi ko mamalayan ng oras ay muli akong naglakad lakad sa dalampasigan. May maingay na tugtugan akong naririnig sa 'di kalayuan kaya sinubukan ko 'yung puntahan. May maliit na bar na ginawa ron at may mangilan ngilang dayuhang nag-iinuman. Naupo muli ako sa buhanginan at tiningnan ang repleksyon ng buwan sa tubig.

"Ang ganda, 'di ba?" ayun na naman ang tinig na 'yon. Hindi ko na ito nilingon dahil alam kong siya na naman 'yon. Naupo siya sa tabi ko at saka tumingin rin sa dagat. Kitang kita ko ang bawat kilos niya mula sa gilid ng mga mata ko. **"Parati ka ring mag-isa kahit may mga kasama ka, hahaha!"** aniya ngunit hindi ako nagsalita. **"Sa gwapo mong 'yan, imposible talagang hindi ka mapansin dito. Nagkalat ang mga abs dito pero ikaw na *payat* ang nahahagip ng mga mata ko."**

"Type mo ba ako?" pangdederetso ko tsaka ko siya nilingon. Hindi ko na napigilan ang galit na lumalabas sa mga mata ko. Saglit siyang natigilan at pilit na tawa ang lumabas sa bibig niya.

"H-Hahaha! Bakit mo naman nasabi?"

"Dahil sunod ka ng sunod sa'kin. Hindi kita kilala, okay?!"

"Hindi rin naman kita kilala--"

"Kaya nga tigilan mo ang paglapit sa'kin!" sigaw ko at natigilan talaga siya. **"Bakit ba ang kulit mo? Wala ka bang magawa?! May asawa ka na pala bakit lapit ka pa ng lapit sa'kin? Hindi ka ba nahihiya?!"**

"H-Hey! Hey! You're overacting!"

"Tch!" singhal ko tsaka tumayo! **"May girlfriend na ako, at ayokong pag-awayan namin ang pagdikit dikit mo sa'kin. 'Wag ka na ulit lalapit sa'kin kung ayaw mong masaktan."**

"Kung may girlfriend ka--bakit hindi mo siya kasama?" nakangising tanong niya. **"Sa ganitong kagandang lugar sa tingin ko ay dapat *siya* ang masarap kasama, hindi ba? Eh, bakit mag-isa ka?"**

"Wala kang karapatang magtanong." sagot ko at saka tinalikuran siya. Ngunit nagulat ako sa isang maletang nasa harapan ko.

"Uuwi na ako. Naupo lang ako rito habang hinihintay ang yateng sasakyan ko."

"Ingat." tugon ko at saka humakbang.

"Kung sasabihin ko bang *type* kita.. matitipuhan mo rin ako?"

Nilingon ko siya sa pagkakaupo niya. Ngumiti siya sa dagat tsaka dahan dahang tiningala ako. Naitikom ko ang nakaawang na bibig ko. Tumayo siya at lumapit sa'kin. Hinawakan niya ang braso ko at agad kong hinila 'to.

"'Wag mo kong hawakan."

"Tinatanong mo ko kung type kita, 'di ba?" nakangiting tanong niya pa. **"Kung sasagotin ba kita ng *oo*.. magugustohan mo rin ako--"**

"Hindi." agad na tugon ko at napangiti siya.

"Yes, you're my type." aniya at agad na nagsalubong ang mga kilay ko. **"Hindi naman siguro kita lalapitan ng lalapitan kung hindi--"**

"Shut up."

"Hahahaha! Nagtanong ka, sinasagot ko lang ang tanong--"

"Shut the fvck up! Get lost." tugon ko tsaka tuluyang lumayo.

Hindi ko maipaliwanag ang galit na nararamdaman ko. Bagaman ganon ang naging trato ko sa kaniya pakiramdam ko ay nawala ng bahagya ang loyalty ko kay Taguro. Simula nung mahalin ko si Taguro, sina Mommy at Noona na lang ang babaeng pwedeng dumikit sa'kin. Sa dami ng babaeng umaligid sa'kin ay ngayon lang ako nakakita ng tulad niyang deretso kung magsalita. Ilang beses na akong nilandi ng babae pero kakaiba ang dating ng sa kaniya.

Parati akong naiinis sa mga babaeng lumalapit sa'kin pero galit ang idinudulot sa'kin ng isang 'yon. Aaminin kong nagagandahan ako sa kaniya pero hindi ko nakikita sa kaniya 'yung nakikita ko taong mahal ko. Hindi man ako mababait sa mga babaeng dumidikit sa'kin, wala sa plano ko ang bastosin siya ng ganon. Pero kasalanan niya rin naman kaya ko siya pinagtaasan ng boses.

"Sino 'yon?"

"Ba--Babe.." naiusal ko.

TUG!*DUG!

Nakanatanaw siya sa pinanggalingan ko at salubong ang mga kilay niya. Nilingon ko ang tinitingnan niya at nakita ko 'yung babaeng nakasakay na sa yate at hindi na kami nilingon pa. Tsaka ako muling napatingin kay Taguro at nakatingin na siya sa'kin.

TUG!*DUG!

"B-Babe.." muling usal ko. **"H-Hindi ko 'yun kilala."**

"Mm." tatangu-tangong aniya at saka blangko ang mukhang tumingin sa'kin. Hindi ko maipaliwanag kung bakit parang nilalamukos ang puso ko.

"N-Nilalapitan niya ako simula pa kaninang u-umaga. Sinabi ko ng layuan niya ko pero l-lapit pa rin siya ng lapit sa'kin."

"Eh, bakit naglalakad ka pa rin mag-isa?" walang emosyong tanong niya dahilan upang mas kabahan ako lalo.

"N-Naiinggit kasi ako kila Lee at Tob k-kaya lumayo ako ron. G-Gusto kitang makasama kaso pagod ka pa. A-Ayaw mo rin namang magstay ako sa kwarto natin kaya b-bumaba na lang ako rito." paliwanag ko at tinitigan niya lang ako ng deretso. Ayon na naman 'yung

mga titig niya na parang pinapasok ang kaluluwa ko at inaalam kung nagpapakatotoo ito. **"B-Babe.."** usal ko at lumapit ng isang hakbang sa kaniya. Bumuntong-hininga siya at saka iniiwas ang paningin niya. **"S-Sorry na.."**

"Okay lang. Tara, kumain ka na." aniya at inilahad ang kamay sa'kin. Tiningnan ko naman 'yon bago ko kinuha at saka yumakap sa kaniya. Sinilip ko ang mukha niya.

"G-Galit ka?" tanong ko at umiling siya. **"Galit ka, eh?"**

"Hindi nga."

"Sorry na."

"Wala 'yun."

"Babe.."

"Tsk, wala nga 'yun." aniya at iniiwas ang tingin niya.

"Nagseselos ka, eh." emosyonal na tugon ko at hinawakan ang baba niya at marahang iniharap sa'kin ang mukha niya. Hindi ko maipaliwanag kung bakit nasasaktan ako sa nakikita ko sa kaniya. Kung dati ay natutuwa ako kapag nararamdaman kong nagseselos siya, ngayon ay iba. Ako mismo ang nasasaktan dahil pakiramdam ko ay nasasaktan ko siya. Parang gumagalaw ang puso ko at nagwewelga 'yon dahil nagagalit sa'kin. **"Sorry na, 'wag ka ng magselos."** pakiusap ko.

"Tara na." aniya at saka umakmang tatalikuran ako.

"Babe.."

"Tara na, nandoon na sila."

"Sabihin mo muna sa'king hindi ka nagseselos."

"Nagseselos ako."

"B-Babe.."

"Tara na." muling yaya niya at saka kumawala sa yakap ko at hinila ang kamay ko.

Nagseselos siya? H-Hindi ba dapat ay matuwa pa ako? Bakit ganito ang nararamdaman ko?

TUG!*DUG!

Natatakot ako.

Ayokong magalit si Taguro.

Hindi ko maipaliwanag talaga ang nararamdaman ko dahil gusto kong alisin ang selos niya.

Magkahawak ang kamay namin pero ramdam kong nagsisimula na naman ang panlalamig niya. Hindi ito 'yung selos na nakakatuwa. Ito 'yung

selos na nakakatakot dahil alam mong may nagawa kang mali kahit wala kang ginawang masama.

Nakrating kami sa Resto pero hindi na siya muli kumibo. Panay ang tingin ko sa kaniya at madalang siya kung tumingin sa'kin. Magkatabi kami pero pakiramdam ko ay buong hotel ang pagitan namin. Masayang nagkwentuhan ang lahat pero pareho kaming walang imik. Nakikitawa siya sa kanila paminsan minsan pero ako ay nanatiling nakatungo. Wala akong ganang kumain pero tinitingnan niya ang plato kaya napipilitan akong sumubo. Sa bawat nguyang ginagawa ko ay hindi ko nararamdaman ang puso ko. Bawat ulam na tingnan ko ay matamlay. Bawat inuming higupin ko ay mapait.

PATAYIN AKO NGAYON NA! HUHUHHUHU!

Gusto kong kumuha ng lubid at magbigte mag-isa. Dukutin ang puso ko at iabot 'yon ng walang buhay sa kaniya.

Sinaktan ko na naman si Taguro! Take me, Lord!

Nang matapos kaming kumain ay kanikaniyang pwesto na naman sa harap ng dagat. Si Randall ay hindi na bumaba rito dahil ayaw raw ni Noona'ng umakyat siyang amoy sigarilyo. Si Mommy't Daddy naman ay nagpapahinga sa kanilang kwarto habang si Lolo ay abala rin sa dinalang trabaho. Panay pa rin ang asaran nila Maxwell at Yaz. Sina Tob at Michiko nakikipagkwentuhan kina Lee at Parrot. 'Yung dalawang bakla naman ay nakikipaglaro kina Maxrill at Manang.

Ako?

Katabi si Taguro.

Walang kibuan.

Puro buntong-hininga niya lang ang naririnig ko.

Kanina pa ako isip ng isip kung anong sasabihin ko pero hindi 'yun mailabas ng bibig ko. Gusto kong malaman ang nararamdaman niya pero alam kong hindi niya sasabihin.

Nagseselos ako.

Muling nagpaulit-ulit ang linyang 'yun sa tainga ko at unti-unti na namang dinudurog niyon ang puso ko.

"I-I'm sorry, Babe." wala sa sariling naiusal ko. At muli siyang bumuntong-hininga kaya nilingon ko siya. **"H-Hindi ko naman sinasadya, eh. Siya 'yung kusang lumapit sa'kin."** lakas-loob na paliwanag ko. **"'W-Wag ka ng magselos. N-Nasasaktan ako, eh. Hindi ko naman**

intensyong pagselosin ka.. h-hindi ko lang talaga mapigilan 'yung paglapit niya."

"Gusto mong lumangoy?"

Natigilan ako at napatitig sa kaniya. Seryoso pa rin ang mukha niya pero nabawasan ang panlalamig niya. Napalunok pa ako at saka niligon ang payapang dagat. Nakatingin pa rin siya sa'kin nung ibalik ko sa kaniya ang tingin ko.

"Sasamahan mo ba ako?" tanong ko.

"Mm, baka maagaw ka pa sa'kin kapag iniwan uli kita." aniya at iniiwas ang tingin niya.

"B-Babe.." mahinang sambit ko. Nakita ko ang pangingilid ng luha niya dahilan upang lalo akong masaktan. **"B-Babe, sorry na."**

"Okay lang." pilit ang ngiting aniya. **"Kasalanan ko rin naman, eh. Dinala kita rito pero hindi rin kita nasamahan."** dagdag niya at saka bumuntong-hininga. **"Tara. Habang solo natin ang dagat."** nakangiting aniya pa at saka ako hinila. Sabay naming sinuong ang tubig ng magkahawak ang kamay. Nung una ay naramdaman ko pa ang panginginig ng kamay niya habang tumataas hanggang bewang ang tubig. Nung umabot 'yon sa dibdib ko ay huminto na kami at tumalon talon doon. Maya maya pa ay nagfloating siya habang nakatingala sa buwan. Wala naman akong ginawa kung hindi pagmasdan ang mukha niya. **"Gusto kitang yakapin."** usal ko pero nanatili siyang nakatingin don. **"Babe, gusto kitang yakapin."** pag-uulit ko pero hindi pa rin siya tumingin.

Badtrip naman kasi 'yung babaeng 'yon! Tsk!

Kinuha ko ang kamay niyang kumakawag lang sa tubig at inihawak 'yun sa pisngi ko. Nilingon niya ako kaya naman napilitan siyang tumayo.

"Bakit?" tanong niya at ngumuso lang ako. **"Anong nangyari sa'yo?"** parang natatawa pang tanong niya kaya lalo akong ngumuso. **"Woi? Okay ka lang?"** tanong niya na sinilip pa ang mukha ko.

"Nagseselos ka, eh!"

"Tss. Sino naman ang hindi magseselos kasi?" nakangiti ngunit seryosong aniya kaya napakamot ako sa ulo ko. **"Nung tanghali, pabalik pa lang kami natanaw ko na kayong magkausap. Nabalewala ko 'yun dahil nakita kong nilayasan mo siya. Tss, hindi ko inaasahang pati sa gabi makakausap mo pa rin siya."**

Nakita niya?

Peste talaga, oh! May sumasabotahe ng love story ko, ah!

"P-Pero, Babe, nilalayuan ko siya at sinabi ko sa kaniyang may girlfriend na ako. Tch! May asawa na siya pero dikit pa rin siya ng dikit sa kaniya! Eh, ayoko nga sa kaniya!" animong nagsusumbong na tugon ko at natawa naman siya kaya napatitig naman ako sa kaniya. **"Mahal na mahal kita kaya ayokong may didikit sa'king babae."**

"Bakit?"

"Ayoko lang. Gusto ko ikaw lang."

"Tss."

"Oo nga! Babe.. 'wag ka ng magselos, ah?" tanong ko pero iniiwas niya pa rin ang tingin niya.

Hindi ako makapagdemand ng kiss ngayon dahil baka masapak ako nito! Tsk! Pumapatong na naman 'yon sa listahan niya ng utang! Kailangan kong makipagbati! Because I deserve an everyday kiss.

"Babe?" tawag ko muli sa kaniya. **"'Wag ka ng magselos, ha? Ha?"**

"Nagseselos pa rin ako, eh."

"B-Bakit? Hindi ko naman 'yun gusto, eh. Ikaw ang mahal ko."

"Kahit ako, nagagandahan sa kaniya, eh. Tss." natatawang aniya kaya nakitawa ako at sumimangot siya.

"Maganda nga siya pero hindi ko siya gusto." bawi ko.

"Hindi ko naman sinabing gusto mo siya." maangas na namang aniya. **"Ikaw lang ang nagsasabi. Tss."** aniya pa at tinalikuran ako!

"Babe.." habol ko na naman at doon nagkaroon ako ng tsansang mayakap siya! Gusto kong tumingala sa buwan at humalakhak sa tuwa!

Kakaiba na talaga 'to kapag pati buwan ay naghugis puso! Tsk tsk tsk! Bwahahahaha--

"Umalis ka nga d'yan."

"B-Babe.." nakangusong usal ko. **"Kakayakap ko lang, eh."**

"Wala akong sinabing yakapin mo ko."

"Babe naman, 'wag ka na nga kasing magselos. Ano bang nakakaselos don? Iniwan ko naman siya, ah?"

"Hindi naman ikaw ang problema ko, eh."

"Eh, a-ano?"

"Siya."

"S-Siya? 'Y-Yung babae?" tanong ko at tumango naman siya. **"Bakit?"**

"Dahil alam kong may gusto siya sa'yo."

Wag niya sabihing narinig din niya? P-Pero kahit na narinig niya--hindi ako naniniwala ron sa babaeng 'yon! Tch! Mukha pa nga siyang mas matanda sa'kin!

"Pero wala akong pakialam." sagot ko.

"Hindi ko naman sinabing may pakialam ka." natatawang tugon niya kaya ngumuso ako. **"Hayaan mo na."** aniya pa kaya napangiti naman ako. **"Nakalagay naman sa guests list ang pangalan niya, ipapahanap ko na lang--makasapak man lang ng isa."**

"B-Babe?!"

"Kita mo na? Ayaw mo rin siyang masakatan, 'di ba?"

"W-Wala akong sinabing ganiyan, ah!" singhal ko at siniringan niya naman ako. Lumapit ako sa kaniya at saka yumakap. **"Sige, saktan mo na lang siya. Hehehe!"**

"Tss."

"P-Pwede na kong humingi ng kiss, Babe?" nahihiya talagang tanong ko at agad namang kumunot ang noo niya! **"H-Hindi mo ko kiniss kaninang pagdating mo, eh. Hindi mo rin ako kiniss kaninang paggising mo. Pakiss ako, ah?"**

"Hindi. Suspended ang kiss mo, isang linggo."

"G-Grabe ka naman!"

"Oh, sige. Expulsio--"

"Hindi na! Babe naman?"

"Ganiyan ako magselos, me' angal?"

"O-Oo! Pinuputol mo ang kaligayahan ko!"

"Okay."

"Taguro!"

"Ano!"

"Kahit isa lang! Heheheh!" nanunukso ang tinging pangungulit ko at sinamaan niya naman ako ng tingin! **"Isa lang, promise!"**

MAX'S POV

Ang isang bagay na pinakaimportante sa'kin..

Ang manatiling mayabang sa lahat ng bagay. Nakakaangat sa lahat ng tao ng may dangal at angas. Pero pagdating sa kaniya, nawawala lahat.

Nanghihina ang tuhod ko sa t'wing mangungulit siya ng halik ko.

Hindi ko namimiss na gawin niya 'yon dahil alam ko namang maya't maya niya ring hihingin 'yon.

"Kahit mga 30 minutes lang, Babe." nakangising aniya pa at naasar naman ako. T'wing ngingiti siya ay kamukha niya si Joker kaya gusto kong matawa.

Sino namang tanga ang tatagal ng 30 minutes? Tss. SIYA. Siya ang tatagal ng 30 minutes o higit pa, Maxpein.

"Ayoko." tugon ko at ngumuso na naman siya. Bagay na gustong gusto kong nakikita.

"Kahit isa lang!" pamimilit niya pa. **"Kahit isa lang.. tapos matagal! Matagal na matagal! Hahahaha!"**

Tsk tsk. 'Yung mga ganitong bagay ay hindi na dapat ipinagpapaalam pa. Lalo lang akong nahihiya dahil sa ginagawa niya.

"Isa lang talaga.. tapos hindi ko na tatapusin! Hehehe." mahina at malabing na aniya pa. Dahan dahan niya akong hinigit papalapit sa kaniya at hinawakan ang magkabilang pisngi ko. **"May listahan ka na ng utang sa isip ko, lahat 'yun ay mababayaran lang ng halik mo, Taguro."**

"Okay."

"I love you." mahina pang bulong niya at saka dahan dahang inilapit sakin ang mukha niya. Sunod sunod na lunok naman ang naisagot ko at nangiti siya. **"Sa susunod na magselos ka, hindi na ako magpapaalam.. hahalikan na agad kita."** malambing pang aniya at saka pinaglapat ang mga labi namin. Ilang sandali lang 'yung nanatili doon at saka niya muling sinilip ang mga mata ko. **"Nakikita mo ba 'yung tubig, Babe?"**

"O-Oo naman." sagot ko matapos tingnan ito.

"Ako rin."

"Tss."

"Gusto ko sa tubig."

"Nasa tubig ka nga."

"No. Halikan mo ko sa ilalim ng tubig."

"S-Sigurado ka?" utal pang tanong ko at tumango naman siya. **"A-Ayoko. Baka maubusan ako ng hangin at malunod ako."**

"Bibigyan kita ng hangin." kagat-labing tugon niya dahilan upang mapalunok ako. Dahan dahang bumibilis ang tibok ng puso ko at pakiramdam ko ay matutunaw ako sa mga titig niya. **"Sa loob ng trenta minutos hayaan mong sarili kong hangin ang bumuhay sa'yo."** aniya pa at saka niya muling sinakop ang mga labi ko. Kasunod niyon ay ang dahan dahang pagdagan niya sakin pahiga sa tubig!

Kapag may naramdaman akong isda dito.. y-yari ka talaga sakin!

~ TO BE CONTINUED. . .~

OceanofPDF.com

CHAPTER 169

MAX'S POV

Ilang beses na akong hinalikan ni Sensui pero kakaiba ang isang 'to. Pakiramdam ko ay unti-unti akong natutunaw at humahawa sa tubig ang bawat mantika na nagmumula sa katawan ko. Hindi ko maipaliwanag kung dahil ba iyon sa tubig-dagat o dahil mas espesiyal ang paraan niya ng paghalik ngayon.

Hindi basta basta dampi pero hindi mapusok.

Natural pero espesiyal.

Hindi ko maitatanggi sa sarili kong hindi lang ako nalilibang sa ginagawa niya. Unti-unti ay nagugustohan ko na rin ito at ayaw ko ng matapos pa.

Marahan ang pagkakahawak ng mga kamay niya sa pisngi at batok ko. Ultimong paghawi niya ng inaanod na buhok ko ay mas marahan pa. Sa t'wing hihigpit ang pagkapit niya sa pisngi ko ay kinakabahan ako, pero unti-unti ring nawawala ang kaba sa t'wing ngingiti siya. Nararamdaman ko ang tibok ng puso niya dahil ang likod ng palad ko ay nakaharang sa dibdib niya sapagkat hindi ko na malaman kung saan ko ihahawak ang mga ito.

Nangingibabaw ang hiya sa nararamdaman ko kanina pero natatakpan 'yun sa t'wing mararamdaman ko ang pananabik sa bawat dampi ng labi niya sa labi ko. Wala akong ginagawang kilos at hinahayaan ko lang siyang kusang gumalaw.

Nang bumitiw siya ay muling nangibabaw ang hiya sa'kin ngunit nawala 'yun nang makita ko ang ngiti sa mga mata at kabuuan ng mukha niya. Mula sa liwanag ng buwan ay kitang kita ko ang kislap sa mga mata niya. Tsaka ko naramdaman ang pagbihag niya sa bewang ko at saka ako nito iniangat sa tubig.

Pareho kaming tahimik na naghabol ng hininga pero hindi pa rin nawawala ang ngiti sa mukha niya.

"Gusto mo pa, Ba--"

"Ayoko na," pigil ko sa kaniya at ngumuso naman siya. Nahihiya ako sa t'wing magtatanong siya patungkol don. **"N-Nakakapagod."**

"Tch! Wala ka namang ginagawa bakit ka mapapagod!" sigaw niya na naman sa'kin!

Damn it, this is embarrassing!

Luminga pa ako sa paligid at nakita kong wala na ang mga kasama namin.

"Nasaan na sila?" tanong ko pa.

"Iniwan na nila tayo para masolo kita. Tonight is Deib Lohr's night." matamis ang ngiting aniya at saka hinapit ako papalapit sa kaniya. **"I love you, Maxpein."**

"Tss--!"

"Sumagot ka!"

"I love you!"

"Tch, ang sweet sweet mo talaga, 'no?" mapaklang tanong niya.

"Umakyat na tayo, malamig na." anyaya ko sa kaniya. **"Baka sipunin tayo--OH!"** napasigaw ako ng buhatin ako nito! **"A-Ano ba! Ibaba mo ako!"**

"Tch! Mas maganda sana kung nakapalda ka man lang, tsk! Bukas, pangbabae ang isuot mo, ah? 'Wag naman 'yung sobrang ganda para hindi ka mapansin ng iba. Hehehe." aniya tsaka binuhat ako papunta sa pangpang at doon ako ibinaba. Ramdam na ramdam ko ang pamumula ng mga pisngi ko kaya hindi ako nakatingin sa kaniya ng deretso. Sinalubong niya naman ang tingin ko at nanunuksong tiningnan ako. **"Pwede kitang buhatin hanggang sa taas kung kinikilig ka ron sa ginawa ko. Haha!"**

"Tss."

"Simple pa 'yun. Pwede rin kitang bigyan ng lahat ng klase ng halik kung gusto mo, Taguro?" nanunukso ang tinging aniya pa.

"Tss, saan mo ba n-napagkukuha 'yang mga s-sinasabi mo?" tugon ko sabay iwas ng tingin.

"Sa puso ko! Hahaha! Lahat 'yon ay idinidikta ng isip ko at sinasabi sa'yo ng puso ko!" tugon niya at suminghal naman ako. **"Nahihiya ka ba sa'kin?"** pigil ang tawang aniya pa ang kumunot naman ang noo ko.

"H-Hindi."

"Dapat lang, wala kang dapat ikahiya dahil *ako* 'to, isang Deib Lohr Enrile lang naman ang humalik sa'yo at kinakiligan mo. Hahaha!"

Hambog.

Hinawakan niya ang kamay ko tsaka kami naglakad pabalik sa Hotel.

Pinagtinginan kami ng mga nakakasalubong namin dahil pareho kaming basa at tumutulo ang mga damit. Nang makarating kami sa harap ng elevator ay may lumapit sa'ming crew na may bitbit na dalawang roba.

"Thank you." tugon ko rito matapos kong abotin 'yon, pero hindi siya sa'kin nakatingin. Nakangiti ito kay Sensui at parang manghang mangha sa kagwapuhan nito.

Iniiwas ko ang tingin ko at inis na pinindot ang button ng elevator.

"Baka lamigin kayo, Sir." sabi pa ng crew kay Sensui.

~TING!~

Bumukas ang elevator at nagpaumuna akong pumasok. Humabol naman si Sensui na hindi magkanda-ugaga sa kasusuot ng roba niya kaya nakisakay sa elevator 'yung crew at *TINULUNGAN* itong magsuot.

Tss. Napakamatulungin naman ng isang 'to, ano kayang promotion ang magandang iregalo sa kaniya? 'Yung tipong hindi ko na siya makikita sa susunod kong punta.

Inis akong napangisi sa kanila at iniiwas ang tingin ko.

"Thanks! Hehehe!" dinig kong pasalamat pa ni Sensui rito at napabuntong-hininga na lang ako. **"Oh, bakit hindi mo pa isuot 'yan--?"** hindi niya natapos ang sasabihin ng iabot ko pabalik sa crew ang robang hawak ko.

"B-Bakit po, Ms. Maxpein?" pilit ang ngiting tanong ng crew sa'kin.

"Kasya na kami sa isa." nakangiting tugon ko rito at nawala naman ang ngiti sa mukha nito.

"Hahaha!" natawa si Sensui at binuksan ang roba niya upang iyakap sa'kin ang mga 'yon. Nararamdaman ko ang balat niya sa balat ko. **"I love you, Babe."** mahinang bulong niya pa at kitang kita ko naman ang panghihinayang sa mukha ng crew. **"Girlfriend ko."** ani Sensui rito.

"A-Ah, oo nga po. H-Hehehe."

"Salamat sa robe." pahabol pa ni Sensui nang makalabas ito. Natatawa ring isinara nang boy ang elevator at umaakyat na ito. **"Selosa ka na ngayon, ah?"** natatawang bulong sa'kin ni Sensui at naramdaman ko ang higpit ng yakap niya kaya natawa rin ako. Nasa bandang noo ko ang bibig niya habang nakayakap siya sa'kin kaya naman dinig na dinig ko ultimong ang paghinga niya.

"Hindi naman."

"Edi may kiss na naman ako niyan?"

"Bakit?"

"Nagselos ka, eh. 'Wag mo sabihing nakalimutan mo 'yung sinabi ko kanina?"

"Tanda ko pa naman."

"Kaya nga bibigyan mo ko ng isang mahaba habang kiss."

"Wala na, nakailan ka na, eh."

"Limitado ba dapat 'yun?"

"Oo, umaabuso ka, eh."

"Sige, pagseselosin na lang kita parati para hahalikan mo ko lagi." aniya at palihim namang kumunot ang noo ko. **"Kuya?"** baling niya sa elevator boy. **"Pakidala kami sa floor na pinakamaraming babae, maghuhubad ako sa harap nila."**

"S-Sir?"

Siniko ko si Sensui at natawa naman siya. **"Hahalikan mo ko o hindi?"**

"Hindi."

"Tch! Kahit ngumanga ka na lang, ako ng bahala sa iba. Hehe."

Anak ng..

"YIIIIIEEEEEEE!" biglang bumulyaw ang sosyalerang dalagita sa tabi namin kaya gulat kaming nilingon ito. **"You're so sweet! I'm envious!"** dagdag pa nito.

"A-Ah, hehehe. Mararamdaman mo rin 'yan paglaki mo." tugon ni Sensui rito.

"I want someone like you, Mister!"

"Nag-iisa lang ako, eh. Nakalaan na para rito." turo niya pa sa'kin. **"Mahihigitan pa ako ng taong nakalaan para sa'yo, hehehe."**

"I can't wait."

"Of course, you can." nakangiting bulong ni Sensui rito.

~TING!~

Muling bumukas ang pinto at nagpaumuna akong lumabas kaya gulat si Sensui'ng humabol sa'kin at muling niyakap ako. Kaya hirap na hirap kaming naglakad sa hallway dahil yakap niya pa rin ako sa loob ng robe.

"'Wag mo sabihin sa'kin pati 'yung bata ay pinagseselosan mo na, hahaha!" tanong niya. **"Sabagay, mas gusto ko 'yan. Mas maraming halik, mas maraming tibok! Hahaha! Hindi matutumbasan ng dami ng isda sa dagat ang dami ng pusong nakikita ko."**

"Tss. Hindi naman, hindi lang ako interesado sa pinag-uusapan ninyo."

"Tch, pero nagselos ka ron sa crew kanina?"

"Hindi naman."

"Sus! Nagselos ka, eh! Ang ganda kasi ng ngiti niya sa'kin, eh, 'no?" tanong niya at natigilan ako kaya natigilan din siya. **"B-Bakit?"**

"Nakita mo pa 'yung *ganda* ng ngiti niya?" mariing tanong ko at bahagya siyang natigilan bago humalakhak.

"Hahahaha! Oo naman! Maganda kasi siya."

"Tss."

"Kita mo na? Nagseselos ka, Taguro! Hahahaha!"

"Pati 'yung ngiting 'yon nakita mo pa?" bulong ko sabay iling.

"Hoy, hintayin mo ko!" habol niya tsaka isinuot sa'kin ang roba at itinulak ako hanggang sa kwarto namin.

In-swipe ko ang card at nang bumukas ang pinto ay bumungad sa'kin ang mga kasama naming nanonood pa ng TV.

"Oh? Ang tagal niyo naman?" bungad ni Tob. **"Lumangoy kayo? Ang daya!"**

"Bukas, langoy tayo." tugon sa kaniya ni Sensui tsaka bumaling sa'kin. **"Maligo ka na, tawagin mo ko kapag tapos ka na."**

"Maligo ka na sa kabilang kwarto," tugon ko. **"Baka magkasakit ka."** dagdag ko tsaka hinubad ang roba't ibinato 'yon sa mukha niya.

"Ahw, guild war, dre?" dinig ko pang bulong ni Tob.

"Oo, haha! Nagboost 'yung *jelous* level ni Taguro, nyahahaha!" payabang namang bulong ni Sensui. **"Haaaay, I'm in love!"**

Tss.

Nang makapasok ako sa kwarto ay tsaka ako ngumiwi habang naghahanap ng maisusuot ko.

Bakit nga ba nagseselos ako ron, eh, wala namang kaselos selos don? Tss.

Hindi ko na pinansin pa ang isipin ko at naligo na agad ako. Nagbabad ako sa tuloy tuloy na agos ng tubig mula sa shower. Napapikit ako at pilit na inalala 'yun mukhang nung babaeng kinausap ni Sensui sa dalampasigan.

Sa kaniya talaga ako nagselos.

Napabuntong-hininga pa ako nang hindi ko maalala ang mukha nito.

Nakatagilid ito at may kalayuan kaya naman hindi ko naipinta sa isipan ko ang kabuuan ng mukha nito.

Sa dami rami ng pwedeng lapitan ay bakit naman 'yung akin pa? Tss. Kung naabutan kita hindi lang dagat ang kaya kong ipakita. Pati stars, makikita mo kahit umaga. Tsk tsk.

At saka pumasok sa isip ko ang tamis ng halik ni Sensui at hindi ko napigilan ang sarili kong mapangiti.

Tss, kahit yata magka-amnesia ako ay hindi ko makakalimutan 'yung halik niya. Sensui.. Sensui.. Sensui.. Tsk tsk tsk.

Napailing pa ako sa isiping 'yon tsaka ipinagpatuloy ang pagligo ko.

Alas dos na ng madaling araw nang lumabas ako ng kwarto. Wala na rin ang ingay ng TV kaya hindi na ako nagulat nang makita kong wala ng tao sa entertainment area. Hinanap ng mga mata ko si Sensui at bahagya pa akong nagulat nang makita kong tulog ito sa mahabang couch.

Napangiti ako sa ka-cute-an niya dahil parang nakangiti pa rin siya kahit tulog.

Lumapit ako sa kaniya tsaka hinalikan ang mata niya. Dahan dahan iyong nagmulat kaya ngiti ko ang sumalubong sa paningin niya.

"Maligo ka na." bulong ko pa at ngumiti rin siya.

"I love you." nakangiting bulong niya pa kaya mas napangiti ako. Inilahad niya ang kamay niya't inabot ko naman 'yun. Pinaupo niya ako at nayikap habang nakahiga siya at nakaupo ako. **"Ang bango mo. Hehehe!"**

"Bagong ligo, eh." nakangiting tugon ko at tiningnan ko ang kamay kong hinawakan niya ng pagkahigpit-higpit. **"Maligo ka na, gabi na masiyado, baka magkasakit ka."**

Bumangon siya at pinasadahan ako ng tingin. **"Napanaginipan kong ikakasal ako, Babe."**

Natigilan ako at napatitig sa kaniya.

"SA'YO! Hahaha! Ang ganda ganda mo raw sa trahe de boda mo, hahaha! Hindi mo kamukha ron si Johnny Bravo, Babe!" pang-aasar niya pa kaya ngumiwi ako. **"Pero, siyempre, mas gwapo ako sa suot ko! Tsk! Na-excite tuloy ako, hahaha! Lahat ng kaibigan natin ay nandoon at pinapanood tayong kiligin sa isa't isa--pero siyempre, dahil bading ako, ako 'yung umiiyak! Bwahahahahaha! Pakasalan ba naman ako ng babaeng pinakamamahal ko! Tsk! Hindi pa ako nakakarating sa langit ay alam ko na ang pakiramdam! Bwahahahahahaha! Kapag dumating ang araw na 'yon, hindi na ako magseselos kahit kanino, Babe! Basta isasama mo sa vows mo na *ako* lang ang lalaking mamahalin mo, kuntento na ako. Bwahahahaha!"** kwento niya pa at hindi naman ako nakasagot. Naibaba ko ang paningin ko at tsaka bumuntong-hininga. **"Baka gusto mong kiligin, Babe? Medyo ngumiti ka rin para hindi halatang napipilitan ka lang. Tch!"** singhal niya tsaka ngumuso. Aaminin kong

mukha siyang tanga habang nagkukwento dahil mararamdaman mo ang tuwa niya habang balatay ang ngiti sa awang ng labi niya. **"Ang sabi nila, kapag napanaginipan mo raw ang isang tao ay *iniisip* ka nila o *iniisip* mo sila masiyado! Hahaha! Pero para sa'kin ay *iniisip natin ang isa't isa* kaya pati panaginip ko ay pinapasok mo na! Bwahahahaha!"**

"H-Hindi raw nagkakatoto ang mga panaginip, Sensui. M-Malayo raw 'yung mangyari sa reyalidad." tugon ko at natigilan naman siya tsaka napatitig sa'kin. Hindi siya nagsalita at hindi ko maipaliwanag ang kakaibang kaba na nangibabaw sa dibdib ko.

Sandaling katahimikan ang nangibabaw sa pagitan namin at wala ni isang naglakas-loob na basagin agad iyon. Ilang buntong-hininga pa muna ang pinakawalan ko bago ko siya nilingon.

"Kung sasabihin mo sa'king handa ka ng maging Mrs. Enrile ko, gagawin kong totoo ang panaginip ko." seryosong tugon niya kaya mas natigilan ako. Kakaiba ang pagkaseryoso niya dahil may bahid ito ng galit at pagiging sinsero.

"S-Sinasabi ko lang namang h-hindi *raw* nagkaka--"

"Wag mo ng ulitin, narinig ko na." mapakla ang ngiting aniya. **"Ayaw ko lang intindihin."** aniya tsaka tinalikuran ako.

Napabuntong-hininga naman ako tsaka humabol sa kaniya. Naging malungkot ang mga mata niya.

"I-I'm sorry." mahinang usal ko at tipid na ngiti naman ang iginanti niya.

"Pakakasalan kita, Maxpein. Hindi mo lang alam kung kailan." aniya tsaka binuksan ang pinto. **"Maliligo na muna ako. Matulog ka na."** dagdag niya tsaka nagtuloy sa banyo.

Tss, sinabi ko lang namang hindi raw nagkakatotoo 'yung panaginip, ano ba ang nangyari sa kaniya?

Isang bagay pang napansin ko ay hindi na ako gaya ng dati na walang pakialam. Ngayon ay masiyado na akong apektado sa bawat emosiyong inilalabas niya. Mas importante sa'kin ang nararamdaman niya kaysa sa nararamdaman ko.

Kahit basa ang buhok ko ay nahiga ako at nag-isip kaya naman hindi ko namalayan ang sarili kong naka-idlip.

Naalimpungatan na lang ako nang maramdaman ko ang marahang yakap

niya mula sa likuran ko. Dahan dahan kong iminulat ang mga mata ko at naramdaman ko ang magaan na pagkakapatong ng ulo niya sa pisngi ko.

"Right from the start, I knew I had to make you mine.." mahinang bulong niya pa. **"At ngayong akin na ka, ayaw ko ng mawala ka pa dahil hindi ko kaya. Alam kong marami pang mas maganda sa'yo, mas sexy sa'yo, mas maganda ang ugali kaysa sa'yo, mas normal kumpara sa'yo--pero *ikaw lang* ang gusto ko, Taguro."** bumuntong-hininga pa siya at mas humigpit ang yakap sa'kin. **"Marami akong makikilala na kayang kaya na higitan ka, pero walang papantay sa'yo. Magselos ka na sa lahat.. basta 'wag mong kokontrahin 'yung mga bagay na nagpapasaya sa'kin."**

Hindi ako nakapagsalita. Alam kong iyong panaginip niya ang tinutukoy niya. Pakiramdam ko ay natuyo na ang laway ko at nakakahiyang magsalita dahil amoy na amoy ko ang toothpaste mula sa hinihinga niya.

Marahan niya akong iniharap sa kaniya at halos maduling na ako sa lapit ng mga mukha namin.

Iniiwas ko pa ang tingin ko at pilit na humanap ng liwanag pero bituin na lang ang natatanaw ko na nagmumula sa bintana.

Sa dinami rami naman ng oras bakit ngayon niya pa napiling magdrama? Tsk!

"Magkakatotoo 'yung panaginip ko, okay?" nakangusong aniya pa at wala akong nagawa kung hindi ang sunod sunod na pagtango. **"Kailangan kong managinip para may tuparin ako, Taguro. Patutunayan kong mali ang reyalidad mo at tama ang panaginip ko."**

"O-Oo." tipid na tugon ko.

"Pero.. nagselos ka sa crew kanina?"

Nakaramdam ako ng inis nang bigla siyang ngumisi!

Maganda na sana.. sinira niya pa!

"Hindi!"

"Nagselos ka, eh."

"Don lang sa babaeng kausap mo sa dagat ako nagselos. 'Wag kang feeling."

"Tch! Magselos ka na rin don sa crew!"

"Bakit?"

"Gusto ko ng kiss, eh. Hehehehe!"

"Tss."

"Isa lang," nakangising hiling niya pa. Wala naman akong ginawa kung hindi ang tumitig sa kaniya. Marahan niyang inilapat ang labi niya sa'kin at napapikit ako habang kinakabahan. Sinisiil nang mga labi niya ang pang-ibabang labi ko at matapos niyon ay lilipat naman sa itaas na labi ko. Paulit-ulit na gayon na parang may ritmo. Hinahaplos ng mga kamay niya ang kaliwang pisngi ng mukha habang ang isa nama'y nakaalalag sa batok ko. Napakalamig ng labi niya at nakakakilig ang lambot nito. Gusto kong hawakan ang mga pisngi niya pero mas natatakot ako sa hindi maipaliwanag na dahilan. Ilang segundo ang itinagal niyon at nang pakawalan niya ang labi ko ay iminulat ko agad ang mga mata ko. Kaya naman nakita kong nakapikit pa siya nang ilayo niya ang mukha sa akin, hindi ko naiwasan ang mapangiti. Dahan dahan niyang iminulat ang mga mata niya tsaka matamis na ngumiti. **"Hanggang ngayon ay hindi ako makapaniwalang girlfriend na kita, hahaha!"** malambing pa ring aniya kaya natigilan naman ako. **"Dati rati ay nagdedeny pa ako sa sarili ko at wala akong inisip kung hindi *'Si Kim ang tama, Deib. Si Kim ang dapat mong tingnan. Siya lang ang mahal ko at wala ng iba.'*. Hindi mo alam kung gaano kahirap nang hindi ka kasama, Taguro. At mas hindi mo alam kung gaano kasarap kapag kasama kita. In love ako sa'yo at mahal mo pa ako. Ilang beses na kitang hinalikan pero sa t'wing papasok iyon sa isip ko ay umaabot sa sintido ang ngiti ko."** nakangiting kwento niya pa. **"Nararanasan mo ba 'yun, Babe?"**

"Hinde." tugon ko at ngumiwi naman siya.

"Tch." singhal niya tsaka nag-isip at muling tumingin sa'kin. **"Samantalang hindi kita niligawan ng gaya kay Kim! Hindi man lang kita nabigyan ng magandang proposal gaya ng ginawa ko noon kay Kim. Tch! Pero pakiramdam ko napakalaki ng paghihirap ko sa'yo, haha!"**

"Paano mo niligiwan si Kim?" tanong ko at natigilan naman siya tsaka ngumiti.

"Wala naman, pahatid hatid at sundo lang. Pabigay bigay ng snacks at sabay maglunch. Nagdedate rin naman kami kaso nung fourth year ay dumalang na kasi pareho kaming busy."

"Busy siya sa pag-aaral niya at busy ka kabubusisi ng buhay ko." payabang na tugon ko.

"Oo, dahil masiyado kang nagpakamisteryosa, mataba ka naman!"

"Payat naman na ako ngayon, eh."

"Oo, magpataba ka na ulit! Hehehe!"

"'Wag na, baka ayawan mo ko, eh."

"Mukha mo! Tch. Kahit yata magpapangit ka, ikaw pa rin ang hahanapin ng puso ko."

"Tss. Oh, eh, paano mo nga niligawan si Kim?"

"Ganon nga! Paulit-ulit na ganon."

"Ikwento mo."

"B-Bakit ko ikukwento?" takang tanong niya.

"Malamang, gusto kong marinig."

"Tch! Wala 'yun, hayaan mo na 'yun."

"Okay." tugon ko tsaka tumalikod sa kaniya.

"Huy, humarap ka sa'kin."

"Ayoko."

"Humihinto ang daloy ng dugo ko sa t'wing hindi ko makikita ang mukha mo. Humarap ka sa'kin, Taguro."

"A.. yo.. ko.."

"Sige na, ikukwento ko na." aniya tsaka yumakap ng mahigpit sa'kin. **"Pinuno ko ng rose petals 'yung kwarto niya, tapos nagtago ako sa banyo niya at nang makita niya ako ay tinanong ko kung pwede ko ba siyang ligawan."**

"Mmm." tatangu-tangong tugon ko. **"Anong isinagot?"**

"Edi *YES*! May tatanggi ba naman sa ganitong ka-gwapo?? Good luck!"

"Tss. Tapos?"

"Simula nun ay niligawan ko na siya."

"Sa anong paraan?"

"Ganon nga! Idinidate ko siya. Hatid-sundo sa bahay. Maya't maya tinatawagan. Hinahatiran ng snacks sa room, isinasabay maglunch kung pwede. Kapag may gatherings ay partner ko siya. Paulit-ulit lang na ganon hehehe! Two years akong nagpaulit-ulit na ganon."

"Masaya ka naman?"

"Nung oras na 'yon? Siyempre. Gusto ko siya, eh."

"Mmm." tatangu-tangong tugon ko uli. **"Masaya naman ba siya?"**

"Ewan ko, hindi ko naman alam ang nararamdaman niya, eh."

"Hindi niya sinabi?"

"Hindi."

"Pero mararamdaman mo 'yun."

"Para sa'kin ay masaya naman siya. Madalas kiligin 'yon, hindi tulad mo. Tch!"

"Edi mas masaya ka sa kaniya kaysa sa'kin?" tanong ko at dinungaw naman niya ang mukha ko.

"Hindi, ah!"

"Tss. Mas madalas kamo siyang kiligin kaysa sa'kin, eh. Edi, mas masaya ka sa kaniya kaysa sa'kin."

"Hindi rin, ikaw ang laman ng isip ko sa t'wing ihahatid ko siya, eh! Hahahaha!" aniya at palihim naman akong napangiti. Naramdaman ko ang mas humigpit pang yakap niya. **"Bakit interesado ka na yata sa buhay ng ibang tao, Babe?"** biglang tanong niya. Nanunukso ang tono ng pananalita niya.

"May kinalaman ka naman don, eh."

"Oo nga, pero si Kim 'yun--"

"At wala akong pakialam."

"Oo nga! Hahaha! Ang sungit mo!" pang-aasar niya na sinilip pa ang mukha ko. **"Ikaw naman ang minahal ko, eh."**

"Okay."

"Nagseselos ka na naman?"

"Hindi! Nagpakwento lang, nagselos na? Ang talino mo talaga! Tss!"

"Eh, bakit naninigaw ka? Hahaha!"

"Tss, umalis ka nga d'yan!" bahagya ko pa siyang itinulak. **"Magkukwento lang nakayakap pa. Ang lakas lakas ng boses."** bubulong bulong na dagdag ko pa.

"A-Anak ng.. tingnan mo 'tong babaeng 'to, magpapakwento ka tapos ikaw rin ang magseselos?!" pang-aasar niya. **"Baka magpropose ako sa'yo--magtitili ka sa kilig?! Hahaha!"**

"Kapal."

"Hoy, hindi lang proposal ang kaya kong ibigay sa'yo, Taguro!"

"Oo na, pero 'wag mo kong dikitan." itinulak ko uli siya.

"Babe! Bakit ganiyan ang ugali mo!? Tch! Babae ka na talaga??" pilit na biro niya at hindi naman ako kumibo. **"Nagseselos ka ba? Hahaha!"**

"Hindi nga. 'Wag mong ipilit."

"Nagseselos ka, eh. Wala na sa'kin 'yun, Babe. Kahit hindi niya ako saktan noon, ikaw na ang mahal ko. In denial lang talaga ako noon, hahaha! Baka nga nung araw na patirin kita--minahal na kita, eh."

"Tss."

"Oo nga. Hindi ako gaya mo na pinagsabay kami ni Randall!"

Napabalikwas ako ng tingin sa kaniya! **"Kailan ko naman ginawa 'yon!"**

"Minamahal mo ko habang mahal mo pa si Randall." nakangusong tugon niya.

"A-Anong minamahal kita?"

"Tch! 'Wag mo sabihing hindi ka rin nai-in love sa'kin non!? Nai-inlove ka rin sa'kin habang nai-in love ako sa'yo!"

"Wow, saan mo naman nakukuha 'yan? Para kang direktor na gumagawa ng sarili mong palabas diyan sa isip mo."

"Hoy, Taguro--girlfriend na kita ngayon kaya 'wag ka ng magdeny!"

"Hindi ako nagdedeny! Hindi lang talaga ganon!"

"Tch! Eh, bakit panay rin ang titig mo sa'kin? T'wing makikita mo kong natutulala sa mga ngiti mo ay nangingiti ka rin! Hindi ka naman ngumingiti ng ganon katamis sa harap ng iba, ah?! Iba 'yung ngiti mo kay Lee at iba rin kay Tob! Mas lalong iba 'yung ngiti mo kay Randall! Iba 'yung ngiti mo kapag ako na ang nakatingin!"

"Paningin mo ang may deperensiya! Tss! Hinanapan mo pa ng mali 'yung ngiti ko mapakilig mo lang ang sarili mo, hanep ka rin, eh."

"Hindi ako kinikilig don! Sinasabi ko lang kung ano ang napapansin ko."

"Tss, hindi ka pala kinikilig, eh. Matulog ka na." inis na tugon ko tsaka tinalikuran siya.

"Humarap ka sa'kin!"

"Matutulog na ako!"

"Ayaw ko!" singhal niya at pilit na iniharap ako. **"Hindi kita nakita kaninang paggising ko kaya susulitin ko ngayon, hehehe!"**

"Mukha mo."

"Sinabi ng humarap ka sa'kin, eh!" mahinang sigaw niya at palihim naman akong natawa. **"Kikilitiin kita."**

"Sasapakin kita."

"Edi humarap ka na sa'kin."

"Ayoko--"

~KUCHI KUCHI~

"A-Ano ba!" sigaw ko sa kaniya matapos niyang dutdutin ang tagiliran ko! **"Hindi ako nakikiliti dahil nasasaktan ako! Buto mo na 'yung**

nararamdaman ko sa sobrang kapayatan mo!" singhal ko sa kaniya at ngumuso naman siya.

Ngumisi siya at saka ako hinila papalapit sa kaniya. **"Langoy uli tayo mamaya, ah? Dadalhin kita sa malalim, para matakot ka at yumakap ka sa'kin! Bwahahahaha! Hindi ka yumayakap kung hindi ka pa pilitin! Tch!"**

"Dahil hindi naman magkarugsong ang bituka natin, hindi sa lahat ng oras ay kailangang kadikit kita. Hahaha!"

"Basta mamaya, 'wag kang aalis sa tabi ko, ah?"

"Oo na, matulog na tayo, may aasikasuhin pa ako mamaya--"

"Akala ko ba ay wala na!"

"Oo nga, pero may kailangan akong gawin."

"Tsk! Babe naman, eh! Sabi mo wala kang gagawin--"

"Meron nga, sa hapon. Siyempre, sa umaga 'yung preparasyon!"

"Babe!" sigaw niya. Kahit hindi ko tingnan ang mukha niya ay alam kong nakanguso siya kaya nangiti ako ng bahagya. **"Ang daya mo naman, eh--"**

"Isasama kita, 'wag kang mag-alala."

"T-Talaga?"

"Tss. Oo!" sigaw ko sa mismong mukha niya! **"Kaya matulog na tayo--PLOP!"**

Hinalikan niya na naman ako!

Bigla niyang inalis 'yung labi niya kaya naman napahabol pa ako sa kaniya!

Damn it!

"Sabihin mo sa'king gusto mong halikan kita." mariing bulong niya at sunod-sunod na lunok naman ang ginawa ko. Nangibabaw ang matinding hiya sa kabuuan ko at ramdam ko ang pangangatog ng tuhod ko. **"Kahit ngayon lang.. gusto kong malaman kung anong pakiramdam hingian ng halik ng isang Maxpein del Valle."**

Kumibot-kibot ang labi ko ngunit walang lumabas na salita. Kinabahan ako ng matindi at hindi ko maitutok ang paningin ko sa kaniya. Tumaas ang parehong kilay niya na animong naghihintay na sundin ko ang utos niya. Lalong bumibilis ang tibok ng puso ko habang tumatagal ang segundo nang nakatitig siya sa'kin.

Paano ko 'yun tatanongin?

"I'm waiting, Maxpein." kunyaring nauubusan ng pasensiyang aniya. Lalo akong nahiya at naikuyumos ko ang mga kamay ko sa sobrang panginginig nito.

"H-Hindi ba pwedeng h-halikan na lang kita?" halos pumipiyok nang tanong ko at natawa naman siya.

"Hindi pwede."

"A-Anong gagawin ko?"

"Hilingin mong halikan kita."

"P-Paano 'yun?"

"Nauutal ka, Maxpein."

"N-Nahihiya ako."

"Girlfriend kita, okay?"

"N-Nahihiya pa rin ako."

"Hilingin mo lang na halikan kita, ako ang kikilos para sa'yo."

"H-Hindi ko nga alam kasi.."

Lalo akong nahihiya sa ginagawa niya. Nakatitig siya sa'kin at tutok na tutok ang mga mukha namin. Ultimong paglunok ko ay nararamdaman niya sa sobrang dikit ng mga katawan namin.

"Please, kiss me." kabado ngunit sinserong usal ko at napangiti naman siya.

"I'm warning you, you can't just stop me." marahang usal niya. Kasunod niyon ay ang mapanuksong tingin niya habang dahan dahang inilalapit ang mukha sa'kin. **"Gustong gusto ko kapag nakikita kong kinakabahan ka, Taguro."** anas niya habang nakadikit ang labi ko sa labi niya, nararamdaman ko sa labi ko ang pagsasalita niya.

Sabay naming siniil ang labi ng isa't isa. Napakatagal at napakahigpit sa t'wing aawang ang bibig niya. Napakalambot ng labi niya at at sa t'wing magkikiskisan ang mga ilong namin ay parang may kuryenteng dumadaloy sa katawan ko!

Badtrip, huhuhu!

Nahihiya ako sa ginagawa namin pero mukhang wala siyang pakialam!

Hindi ko rin alam kung bakit kailangan kong makaramdam ng hiya sa kaniya, pero 'yun talaga ang nararamdaman ko.

Kusa siyang humiwalay sa pagkakahalik sa'kin at dahan dahan ko namang iminulat ang mga mata ko.

Hinawakan niya ang pisngi ko at tinitigan ng todo ang namumula nang mukha ko. Sunod sunod ang paglunok ko dahil pakiramdam ko ay kayang

kaya akong tunawain ng gwapong gwapo niyang mukha.

Pati angas ko nalusaw na.

"Lalo kitang minamahal kapag tayong dalawa na lang ang magkasama," aniya pa habang nagpapalipat-lipat ng tingin sa dalawang mata ko. **"Can I kiss you more?"** mahinang bulong niya pa.

Dahan dahan niyang inilapit ang mukha niya at nang maramdaman ko sa labi ko ang hininga niya ay napapikit na ako!

Pero wala akong naramdamang labi.

Hindi nasundan ang halik.

Tahimik ang paligid at tanging pulso ko lang ang nararamdaman ko sa sarili kong dibdib dahil parehong nandoon ang dalawang kamay ko at nakayakap sa sarili ko.

Dahan dahan kong iminulat ang mga mata ko at nakangiti na siya sa'kin.

"Pipikit ka lang kapag naramdaman mo na ang halik ko." bulong niya at naiawang ko naman ang bibig ko sabay tango. Nakatingin kami sa isa't isa habang inilalapit niya ang mukha niya sa'kin at sa sandaling 'yon ay hindi ko na inilayo ang mukha ko. Hinintay ko lang ang labi niyang lumapat sa labi ko. **"I love you."** malambing pang bulong niya tsaka marahang inilapat ang labi niya sa labi ko.

Marahan ang bawat galaw ng labi niya, walang halong kaba pero maramramdaman mo ang magkahalong saya at respeto. Pakiramdam ko ay binabambo na sa sobrang bilis ang puso ko at mababasag na ang mga buto buto ko sa sobrang lakas nito.

Siilin niya ang ibabang labi ng paulit-ulit ngunit marahan. Hawak niya ang mga pisngi ko kaya naman tanging ang mukha niya lang ang kung saan saang gawi pumapaling.

Hanggang sa binitiwan niya ang labi ko sa gitna ng pagmumuni-muni ko.

"I love kissing you." aniya tsaka ko marahang iminulat ang mga mata ko, marahan niyang pinag-aralan ang kabuuan ng mukha ko at wala naman akong ginawa kung hindi titigan na naman ang mga mata niya. **"I love you, Maxpein Zin del Valle."**

"I love you too."

"Hindi mo man lang ba sasabihin ang pangalan ko?"

"D-Deib Lohr Enrile.."

"Ulitin mo."

"I love you, Deib Lohr Enrile."

"'Yan.." nakangiting aniya. **"Gusto mo bang maging Mrs. Deib Lohr Enrile?"**

"T-Tsaka na.."

"Pero gusto mo?"

"Oo naman."

"Kailan mo gusto?"

"Kapag naging Engineer ka na." nakangiting tugon ko at mas ngumiti siya.

"Magdodoktor ka?" tanong niya at nakangiting tumango naman ako. **"Ilang anak ang gusto mo?"**

Napakalandi naman nito.

"Hoy, ilang anak ang gusto mo!?"

"Kung ilan ang ipagkaloob sa'tin."

"Dalawampu ang gusto ko, hehehe! Dalawapung kambal! Bwahahahaha!"

"Tss. Matulog ka na."

"Tabi tayo?"

"Hindi na, pagagalitan tayo."

"Sige, lilipat ako kapag tulog ka na." aniya tsaka hinalikan ang noo ko. **"Goodnight."**

"Goodnight." nakangiting tugon ko at saka ipinikit ang mga mata ko.

Hindi ko napigilan ang sarili kong mapangiti ng palihim.

Ilang beses niya akong hinalikan at lahat nang iyon ay magkakaiba ng dating.

Gusto kong magtago sa unan sa sobrang hiya na nararamdaman ko.

"Natatakot akong magmahal ng iba, Babe." maya maya pa'y biglang aniya at kumunot naman ang noo ko.

Sino naman ang may sabi sa kaniyang pwede siyang magmahal ng iba?

Nilingon ko pa muna ang mukha niya tsaka bumuntong-hininga.

Hindi ka makakatulog talaga kapag siya ang kasama mo, Maxpein.

"Dahil natatakot akong baka hanapin lang kita sa kanila." dagdag niya at natawa naman ako.

"Anong malay naman nang mga 'yon kung nasaan ako?" natatawang tugon ko kaya kumunot ang noo niya!

"Wala ng matinong oras kapag kausap ka! Tsk! Nakakayamot!" singhal niya tsaka humiwalay sa pagkakayakap at padabog na nahiga sa tabi ko.

Inubos ko naman muna ang tawa ko tsaka ako nahiga ng ayos sa mga braso ko at nagpandekwatro habang nakahiga.

"Kapag nakakita ka ng iba, tingnan mo lang. 'Wag mong mahalin," nakangiti ngunit makahulugang tugon ko. Naramdaman ko naman ang pagharap niya sa'kin at ginawa ring unan ang sarili niyang braso. **"Dahil kapag nagpang-abot tayo ay pareho kayong lagot sa'kin."**

"Hahahaha! Gagawin mo 'yon?"

"Oo naman, tss."

"Talaga!?" namamangha pang tanong niya!

"Gusto mo, subukan naten?" hamon ko at ngumuso naman siya. **"Tss. Bakit ba kung anu-anong pinag-iisip mo ngayon? Pakiramdam ko tuloy ay mawawala ka sa'kin."** inis na dagdag ko at nangiti naman siya at pasugod na lumapit sa'kin

Itinuon niya ang kaliwang kamay niya sa kama at hinarap ako ng deretso!

Hindi ako nakakilos!

Maging ang mga braso kong ginawa kong sariling unan ay hindi ko magawang igalaw!

Agad na bumilis ang tibok ng puso ko nang sumungaw na ang mapanukso niyang tingin at ngiti. At halos kumabog na ang dibdib ko ng titigan na naman niya ang mga labi ko. Pakiramdam ko ay nakagapos ako dahil hindi ako makakilos upang pigilan ano man ang tangka niyang gawin.

Bakit ba napapadalas ang ganitong nararamdaman ko?

Parang laging bago nang bago sa t'wing mararamdaman ko ang nagbabadyang halik niya. Siguro ay dahil sa kaniya ko lang ginawa 'to at hindi ko pa kailanman naramdaman sa iba. Pero hindi na ito ang unang beses na nahalikan niya ako, ang iba ay ako pa ang naunang humalik sa kaniya. Pero sa t'wing siya na, kinakabahan ako parati.

Agad na namang nanginig ang tuhod ko ng magsimula siyang lumapit sa'kin. Pilit ko pang naiuurong ang ulo ko kahit pa wala ng iuurong pa ito!

Huminto siya sa paglapit at halos isang daliri na lang ang layo niya sa'kin!

WAAAAAAAA! PAK DIS!

"Bakit naman ako mawawala sa'yo?" tanong niya dahilan upang lalo akong mapalunok!

Ultimong paglunok ko ay naririnig ko!

"W-Wala naman, sabi ko nga p-pakiramdam ko lang--oh!" nagitla pa ako ng mas lumapit siya! **"A-Ano bang g-ginagawa mo?!"**

"Wala ka bang tiwala sa nararamdaman ko para maisip mo pang iiwan kita?"

"H-Hindi naman.. a-ang dami mo kasing s-sinasabi ngayon, p-parang g-ganon lang 'yung nararamdaman ko--"

"Bibigyan mo ba ako ng dahilan para iwan ka?"

"H-Hindi n-naman.."

"Okay." nakangising tugon niya tsaka umalis sa ibabaw ko.

Napapikit pa ako sa pagkakahinga ko ng maluwag!

Grabe siya. Tsk!

Kinapa ko ang sarili ko kung may natitira pa bang angas sa sarili ko dahil pakiramdam ko ay nasimot na niya!

"Magpapaagaw lang ako, kapag ikaw mismo ang aagaw sa'kin." aniya kaya nilingon ko naman siya. **"At magmamahal lang ako ng iba, kapag naging dalawa ka, Taguro."**

Hindi ako nakasagot.

Saan niya kaya nakukuha 'yung mga linya niya ngayon? Tss. Parang ako na ang nauubusan!

"H-Hehehe, oo, sige." tanging tugon ko tsaka muling tumingin sa kisame at palihim na ngumiti.

"Oh, siya, halikan mo na ako para makatulog na tayong pareho."

Gulat akong nilingon siya! **"Ano?!"**

"Halikan mo na ako para makatulog na tayong pareho." pag-uulit niya.

"B-Bakit ako ang hahalik--"

"Ah, ako ba?!" inosenteng tanong niya tsaka muling sumugod sa'kin kaya napaatras na naman ako! **"Hindi mo naman kasi sinabi, hehehe."**

"P-Pwede rin namang bukas nalang ulit.." napapalunok pang tugon ko at natawa naman siya.

"Bakit ko pa ipagpapabukas kung pwede rin namang ngayon na?"

"N-Napapadalas na, e-eh--"

"Edi mas dadalasan ko pa--"

"Umalis ka nga!" inis akong itinulak siya.

"Bakeeeeet!!!" nanggagagalaiting singhal niya!

"A-Ano ba ang nangyayari sa'yo--may pa-ganiyan ganiyan ka na ngayon!?"

"Anong ganiyan?!" takang tanong niya.

"'Y-Yan!" turo ko sa kaniya! **"Adik ka na masiyado sa kiss, tss!"**

"Hahahaha! Isa ka yatang kanser, Taguro! At nagkalat ka na sa buong katawan ko, bwahahahaha! Meron sa dibdib, meron sa likod, meron sa leeg, meron sa ulo, meron sa paa, meron sa kamay--"

"Tss!"

Kakaiba ang utak niya! Tsk!

"Sige na, mm!" aniya na iniamba ang nguso niya. **"Halikan mo na ako bago pa ako ang humalik sa'yo dahil baka maging isang oras na 'yun."**

"Tss."

"Mm!"

Napalunok pa muna ako bago marahang lumapit sa kaniya. Nakapikit pa siya habang hinihintay ang paglapit ko!

Nakakainis naman! Bakit ba nagpapauto ako sa lintek na 'to! Tsk!

"A-Ayoko na!" singhal ko tsaka inis na nahiga!

Nakanguso naman siyang humabol sa'kin!

"A-Anong ayaw mo na?!"

"Inuuto mo na lang ako, eh!"

"Ha?!"

"Tss. Tigilan mo na nga 'yang mga kalokohan mo, matulog ka na. Inaantok na ako. Natutulog na ako rito--ginulo mo pa ako!"

"Gustong gusto mo talaga 'yung pinipilit ka pa, eh, 'no?" inis din na tanong niya kaya nilingon ko siya.

"Ano kamo!?"

"Halikan mo na ako! Hindi ako aalis dito kung hindi!"

"Woi, Sensui--bawas bawasan mo 'yang pagiging manyak mo, ah!"

Natigilan siya dahilan upang mangibabaw ang sandaling katahimikan.

"H-Hoy! Ang kapal ng mukha mo--kailan kita minanyak?! Madiri ka nga!" sigaw niya at gulat naman akong napatingin sa kaniya! Tumayo siya sa kama at dinuro ako! **"Tandaan mo ang gabing 'to, Taguro!"**

"Tss." nginiwian ko lang siya tsaka ako bumaling sa tagiliran ko at pumikit!

"Hahanap-hanapin mo ang halik ko!" sigaw niya! **"HMP!"** aniya pa tsaka tumalon pababa at..

~BLAAG!~

Pabagsak na sumara ang pinto!

Gulat pa akong napalingon sa kama niya pero wala talaga siya roon sa loob.

Tss. Grabe naman? Para hindi lang nahalikan?

Bahala ka sa buhay mo..

Gusto ko man siyang sundan sa pero inaantok na talaga ako.

♥ K ♥ I ♥ N ♥ A ♥ B ♥ U ♥ K ♥ A ♥ S ♥ A ♥ N ♥

DEIB'S POV

"A-Ah!" nang subukan kong bumangon ay naramdaman ko ang sakit ng likuran ko. Inabot ko pa 'yun tsaka ako naidantay ang mga siko ko sa tuhod ko habang nakaupo sa sofa.

Iginala ko agad ang paningin ko dahil masiyadong tahimik ang paligid.

Nasaan na naman ang mga tao? Tch!

Pinakiramdaman ko ang puso ko tsaka ako tumayo at pumasok sa kwarto ni Taguro.

****TING!*TING!*TING!****

NAWAWALA NA NAMAN SIYA!

"A-Anak ng.. t'wing gigising na lang ba ako ay hindi ko siya masisilayan!?" inis talagang singhal ko! Inis akong lumakad papunta sa veranda at sinilip ang ibaba pero walang tao MASKI ISA! **"N-Nasaan naman kaya ang mga tao?"**

Napakapayapa ng paligid at tanging hampas lang ng tubig alon ang naririnig ko. Ang huni ng mga ibon na nawawala sa twing hahangin ng malakas. Pero wala maski isang tao. At tanging nakikita ko sa dagat ay ang puting yate na may nakasulat na ***FAMILIA DEL VALLE.***

Kunot-noong kinuha ko ang twalya ko tsaka ako mabilis na naligo.

Nasaan ka na namang babae ka!

Dali dali akong nag-ayos sa loob ng banyo at isinuot ang roba ko pero..

"S-Sino kayo?!" tanong ko nang mamataan ko ang tatlong Ginang sa harapan ko pagkalabas ko ng banyo. May mga bitbit sila sa kani-kanilang mga kamay kaya tiningnan ko ang mga 'yon mula sa kinatatayuan ako.

Black leather shoes.

Black suit.

Black tie and sunglasses.

"A-Ano 'yan?!" takang tanong ko.

"Ito po ang isusuot ninyo, Sir." may ngiting tugon ng siyang may hawak ng suit.

"S-Sino ang nagpabigay?!"

"Si Ms. Maxpein Zin del Valle, Sir."

Bakit naman kaya?! Tch!? Peace offering?! Tsk.. kung hinalikan niya lang ako kagabi ay hindi niya na kailangang gumastos ng ganito.

Sa kinang at tela ng mga hawak nila ay batid ko na ang presyo ng mga ito.

"P-Pakilagay na lang diyan, salamat." napapakamot sa ulong tugon ko.

"Ito po ang perfume at watch niyo, Sir. Pinabibigay rin po ni Ms. Maxpein." ani ng pinakamaliit na Ginang tsaka inilapag sa maayos nang kama.

"Galing din sa kaniya 'yan?"

"Yes, Sir. Pina-order niya po bago pa kayo dumating dito, kanina lang po nai-deliver."

"H-Ha?!"

"Yes, Sir."

"S-Sige, salamat."

"Sana po ay makapaghanda na kayo sa loob ng sampung minuto. Hinihintay na po kayo ng yate ninyo."

Yate ko?! Eh, wala naman akong nakitang ibang yate bukod doon sa Familia Del Valle!

Sunod sunod na tango ang isinagot ko.**"Salamat."**

Sabay sabay na tumango ang mga ito bago lumabas.

Napakamot ako sa ulo ko tsaka pinasahan ng tingin ang sapatos at tie na ipinatong nila sa kama ko. Tsaka ko nilingon ang suit na maayos ang pagkakasampay sa single stand nito sa harapan ko.

"Napakapormal naman nito? Ano ba ang meron?" kunot-noong bulong ko. Napatingin ako sa side table at dinampot doon ang relos ko. Alas tres na ng hapon! **"A-Anak ng.."** dali dali akong kumilos at maingat na isinuot ang mga iyon. Hindi ko maipaliwanag kung bakit ganoon na lang ang ngiti ko habang isa-isang isinusuot sila sa katawan ko. **"Ano na naman ang sorpresa mo sa'kin, mahal kong Taguro? Hehehehe!"** lumapit ako sa malaking salamin at pinasadahan ng tingin ang sarili ko. **"Napakanatural ng mukha mo, Enrile. Maaaring may mas gwapo sa'yo pero walang papantay rito! Hahahaha!"** dinampot ko ang pabango at nanlaki ang mga mata ko ng makita ang tatak! **"Lacoste!? Tch!"** singhal ko, pero agad din naman akong napangiti. **"Basta galing sa mahal ko, tatanggapin ko ng buong puso."**

~GLATATATATAG! GLATATATATAG! GLATATATATAG! GLATATATATAG! GLATATATATAG!GLATATATATATAG!

GLATATATATAG! GLATATATATAG! GLATATATATAG! GLATATATATAG!~

"A-Anong tunog 'yon?!" bulong ko pa.

Kung hindi ako nagkakamali ay helicopter ang narinig ko!

Dali dali akong lumabas sa kwarto at pumunta sa veranda!

At hindi nga ako nagkakamali.

"A-Anong ginagawa niyan dito?!" wala sa sariling usal ko habang nakaturo pa roon! Isang private chopper ang nasa harapan ko ngayon! **"W-What the hell?!"** bulalas ko pa nang makita itong papalapit sa'kin!

"OH MY GOD!"

"N-Noona?!" sigaw ko! Dinig na dinig ko ang malakas na sigaw ni Noona! Dali dali akong lumabas sa suite namin at tumakbo sa kwarto niya. **"Noona, open the door! Noona!"** sigaw ko kasabay ng malakas na katok! **"Noona! Open the door--!"** kusang bumukas ang pinto at bumungad sa'kin si Mommy. **"M-Mom?"** umiiyak ito at hindi ko maipaliwanag kung bakit nakangiti pa ito. **"A-Anong nangyayari?!"**

"Look at your Noona." humihikbing aniya pa.

Kaya naman dahan dahan akong pumasok at sinilip si Noona.

NAKA-TRAHE DE BODA SIYA!

Kasunod ni Noona ay ang dalawang baklang designers na panay ang ayos ng belo niya.

"W-What's going on?" gulat na tanong ko. Pakiramdam ko ay nabading na naman ako't nagtitindigan ang mga balahibo ko! **"A-Ano 'yan?!"** turo ko pa sa helicopter na nasa veranda niya. Pero walang sumagot sa'kin! Lumapit ako kay Noona at hinawakan ang likuran niya. Hindi niya na ako nagawang lingunin pa dahil napako ang paningin niya sa loob ng chopper! **"R-Randall!?"** gulat na usal ko!

"WILL YOU MARRY ME?" sigaw ni Randall kay Noona at natawa naman ako.

"O-Oh my God!" nasapo ni Noona ang sariling bibig.

"MARRY ME, AS SOON AS POSSIBLE, DEIN LEIGH, HONEY!" sigaw pa ni Randall! Pilit niyang nilalabanan ang lakas ng tunog ng chopper!

"Yes, Honey!" umiiyak namang tugon ni Noona at gulat akong nilingon ito! **"D-Deib, p-please help me?"** nakangiti ngunit umiiyak na aniya. Tumango naman ako at inalalayan siyang pumatong sa mesang nandoon sa veranda!

Anak ng.. bakit naman kasi kailangang may ganitong set-up pa kung pwede namang sa baba na lang umakyat!

Pinahirapan ni Randall sa pagsakay sa chopper ang kapatid ko. Sinundo niya ito sa veranda!

Tch!

Nang tuluyang makasakay si Noona ay agad siyang hinalikan ni Randall!

"Tch! Wala pa, hoy!" natatawang sigaw ko rito!

"We're getting married!" sigaw niya sa'kin at tumango naman ako.

Umalis ang chopper at mula sa kinatatayuan ko ay kitang kita ko pa ang nakalaylay na gown ni Noona. Nakakatuwang tingnan na kahit nahirapan ang mga ito ay kakaiba ang set-up na ginawa niya.

Nangibabaw ang hagulgol ni Mommy kaya natinag ako't nilingon ito.

"W-Why are you crying, Mom?"

"T-Tears of joy, baby. Nagulat ako sa supresa ng bayaw mo."

"Tch! Hindi pa sila kasal! Ikakasal pa lang, hehehe! Bakit hindi niyo ako ginising? Hindi ko man lang nakita ang itsura ni Noona, paniguradong mukha siyang tanga habang umiiyak siya! Bwahahahahaha--!"

"Bad!"

Pinapatawa lang, eh!

"Don't worry, baby!" aniya pa at napangiti naman ako nang itaas niya ang video recorder niya. **"Everything is recorded! Hihihihi!"**

"Tch, Mommy talaga."

"Let's go?"

"S-Saan po?"

"Doon sa yate! Nandoon na silang lahat at tayo na lang ang hinihintay! Yiiieeee!"

"N-Nasaan nga po pala si RD?"

"Nauna na siya roon!" aniya sabay hila sa akin. Doon ko lang nagawang pagmasdan ang Mommy ko.

"Ang ganda mo, Mommy, ah?"

"Yiiieee, talaga?"

"Mm!"

"Binigay 'to ni Maxi!"

Ang puso ko!

"Nasaan na nga pala ang babaeng 'yon!?"

"Yiieee! Nauna na sila ron, baby!"

"B-Bakit hindi niya ako ginising!?"

"Surprise nga kasi ito. Tayong dalawa lang ang naiwan."

"A-Ano!?" inis na singhal ko pero tinanguan lang ako nito. Mabilis kaming sumakay sa elevator at paglabas namin doon ay nakaantabay na sa amin ang isang golf cart. **"A-Ano 'yan?"** takang tanong ko pa sa nakasakay roon.

"Ang sabi po ni Miss Maxpein ay hindi pwedeng malagyan ng buhangin ang mga paa ninyo." nakangiting tugon ng boy.

"A-Ang arte naman non!?"

"Ah, hindi po kasi pwedeng mahaluan ng ibang buhangin ang buhangin sa isla, Sir." malumanay na tugon nito kaya napaawang ang mga labi ko.

Kaya siguro nag-helicopter ang siraulong Randall. Tsk tsk.

Pinaandar nito ang cart papalapit sa hagdan ng yate.

Nang makasakay kami roon ay agad bumungad sa'min si Mang Pitong.

"Oh, ang gwapo mo ngayon, ah!" puri niya pa sa'kin.

"Hehehe, pinapogi ni Misis-to-be!" biro ko rin.

"Good afternoon, Madam!" bati niya kay Mommy at tinanguan naman siya nito. **"Doon na lang kayo sa loob at mahangin dito. May ilang minuto nating tatahakin ang dagat para marating ang isla."** nakangiting dagdag niya pa.

Bumaba kami ni Mommy sa cabin ng yate at doon ay ipinapanood niya sa'kin ang video. Tawa ako ng tawa dahil may muta pa si Noona, umiiyak na siya.

Nagulat ito nang magising at wala ang anak sa tabi niya. Inisip pa muna nitong si Randall ang naglabas sa anak niya pero ginalugad daw niya ang buong hotel pero hindi makita ang mga ito. Sinisigawan niya pa ang Mommy ko habang umiiyak habang si Mommy naman ay panay tawa lang.

Maya maya lang, gaya ko ay nagulat si Noona sa pagpasok ng tatlong Ginang sa kaniyang kwarto. Nagulat siya ng pumasok ang dalawang designer at hawiin ang mahaba at malaking kurtina niya na nagmumula sa veranda. Patulak siyang ipinasok nang tatlong Ginang sa banyo at ang sumunod na nangyari sa video ay hindi na kasama si Noona. Vinideo-han pa ni Mommy kung paanong inihanda ng designers at ng mga tauhan nila ang isusuot na trahe de boda ni Noona.

Ilang minuto ang lumipas at halos maiyak si Noona nang makita ang damit pangkasal niya na suot ng isang manekin. Pinakinang ito ng maliit at

bilog na stage na kinapapatungan nito at dilaw na ilaw na nakatutok doon. Hindi na kinuhanan ni Mommy ang pagbibihis ni Noona pero nakuha pa nitong videohan ang lahat ng isusuot niya hanggang sa tuluyan itong maisuot ni Noona. Pati na rin ang pagmemake-up sa kaniya na naging pahirapan pa dahil walang-humpay ang iyak niya.

"He's so sweet." ani Mommy nang matapos ang video. Nilingon ko naman ito at kumikinang pa ang mga mata niya habang nakatitig sa mga mata ko. **"Siguro ay iniisip mong sana ay ganiyan din kayo ni Maxi, ano?"**

"Tch! Paniguradong hindi ko siya magugulat ng ganito, Mommy." nakangusong tugon ko. **"Paniguradong sisigawan niya lang kung sino man ang gumising sa kaniya. Hahaha!"**

"Hihihi! But you're planning to marry her?"

Natigilan ako sa tanong niyang 'yon.

"M-Masiyado pa kaming bata para ron, Mom."

"I know. Kaya nga *plano*, baby."

"Of course, I want her to be my wife."

"Yiiieeee!"

"Tch! Nagsimula ang araw na 'to ng puro kasal ang nasa isip ko, ah?!" nakangiting sambit ko pa. May kakaibang kabang idinulot sa'kin ang isiping iyon. Sa hindi ko maipaliwanag na dahilan ay para akong nanghina.

Bakit ganon

~To be Continued. . . ~

OceanofPDF.com

CHAPTER 170 : Season Two FINALE ♥

DEIB'S POV

Pumasok si Mang Pitong sa cabin at nakangiting humarap sa'min. **"Nandito na tayo."**

Nakangiti akong tumayo at inalalayan si Mommy. Ramdam ko ang matinding pananabik sa dibdib ko at pakiramdam ko ay ako ang ikakasal kay Taguro.

Bwahahahaha! Ano kayang itsura nang babae ko?

Naiisip ko pa lang na makikita ko siya ngayon ay sobra na ang tuwa ko.

Pero nang lumabas ako mula sa cabin at tumapak sa ibabaw nang yate ay natigilan na agad ako.

Namangha agad ako sa tanawin. **"W-Wow.."** bulalas ko.

TUMAMBAD SA AKIN ANG ISANG NAPAKAGANDANG ISLA!

Mula sa pangpang ay tanaw na tanaw ko ang isang maliit na isla. Sa gitna nito ay binuo nila ang isang malaking hugis pusong daan sa pamamagitan ng mga buhangin at sa gitna nito ay ang bamboo na siyang pinaka-arko nang mga ikakasal. Iilan lang ang mga upuan ngunit nasa ayos ang mga iyon at uniporme ang kulay asul na theme nito. Pinalilibutan kami ng mga puno at napakasarap na hangin ang iwinawasiwas nito. Puting puti ang mga buhangin at dinig na dinig ang hampas ng alon.

Napakaganda ng paligid.

Mayroon silang ginawang kawayan na nagsilbing maliit na silong kung saan may isang maliit din na kuna at nasisiguro kong lugar iyon para kay RD. May isang maliit na hawla rin kung saan nakakulong ang doves nila. Nagkalat ang rose petals sa *kabuuan* ng maliit na islang 'yon kaya hindi ko naiwasan ang mapangiti at mapailing.

Inalalayan ko si Mommy pababa ng yate at kasunod niyon ay isa-isang lumabas ang mga kasama namin mula sa bahay. May maliit na bahay na gawa sa nipa roon pero bakas ang pagkamoderno sa disenyo na natatanaw ko sa loob nito. Gwapong gwapo rin ang mga kaibigan ko sa kani-kanilang suits nang pasadahan ko ng tingin ang mga ito. Doon ko lang din napansing pati kami ay nasa ayos ang mga suot at may pagkakapare-pareho.

Sumunod na lumabas si Daddy kasama si Manang na karga karga si RD. Lumapit si Dad sa'kin at kinuha ang kamay ni Mommy. **"Hello beautiful."** bati niya pa kay Mom. **"You look good, son."**

"Ikaw rin, Dad. Haha!" nagtapikan pa kami ng likod nang magyakap kami. **"Ikakasal na ang panganay mo, hahaha!"**

"Oo nga, tsk tsk. Matanda na talaga ako."

"Don't worry, may baby RD naman tayo at Kuya Deib. Hihihihi!" ani Mommy na sinulyapan kay Manang ang tulog na tulog na pamangkin ko. Balut na balot ito at may headset pa.

Hahahaha.

Kasunod niyon ay ang paglabas ni Tita Dayzelle kasama si Rhumzelle at ang Lolo ni Randall. Kasama rin nila si Heurt at si Lolo na pormal na pormal tingnan sa mga suot nito.

"Oh! Rarampa na ang brides maids!" malakas na biro ni BJ kaya napalingon naman kami sa maliit na bahay.

Lumabas ang mga babaeng naggagandahan sa kani-kanilang simple gown. Nagulat pa ako nang makita kong nandoon si Keziah.

"Oh, she's here?" nakangiting usal pa ni Mommy habang nakatingin kay Keziah.

Wala pa mang nangyayari ay umiiyak na si Keziah sa tuwa para kay Noona. Siya ang may pinakamakinang na gown kumpara kina Yaz, Michiko at Parrot, bagaman magaganda pa rin ang mga ito sa simpleng gown na suot nila. Hindi na kailangan pang pagandahin pa dahil mukha nila mismo ang nagpapakinang sa mga suot nila.

Agad namang hinanap ng mga mata ko si Taguro. **"Where's my girlfriend?"** mahinang tanong ko pa kay Lee.

Hindi ito sumagot at nakangiting lumingon na lang sa pinanggalingan nila. Nilingon ko 'yon at nakita kong lumabas si Taguro na hirap na hirap kumilos sa simple gown na suot niya. Nangiti ako sa itsura niya at nagulat pa ito nang makitang nasa harap niya na ako.

"W-Woi.." naiusal niya pa.

Tiningnan ko pa muna siya mula ulo hanggang paa tsaka ko siya nilapitan.

"H-Hey there, Babe."

"M-Mm." naiilang na tugon niya.

Ayaw ko man pero.. natulala talaga ako sa itsura niya. Ayaw kong magsusuot siya ng maikli pero sa ngayon ay mukhang kailangan kong

pumayag. Naaakit ako sa ganda niya. Pilit kong itinago ang pagkamangha ko upang hindi siya lalong mailang sa akin.

"'W-Wag mo akong tingnan ng ganiyan, h-hindi ako kumportable sa suot ko."

"Talagang nagpaganda ka ng todo para sa pagdating ko, ah?" biro ko. Pero sa loob loob ko ay gusto kong dampian ng halik ang buong mukha niya.

Pag-aari ko ang mukhang 'yan, ang sarap isipin.

"Hindi, ah!" aniya na ngumuso pa ng todo.

"Ang ganda mo."

"S-Salamat."

Nikayap ko naman siya ng mahigpit na bahagya pang ikinagulat niya. Hinalikan ko ang pisngi niya at naamoy ko ang pabango niya.

"Iba ang amoy mo ngayon, ah? Babaeng babae!"

"'Yan 'yung niregalo mo."

"Alam ko, hahahaha."

"Tss."

"Pakasalan mo na rin ako, Taguro." bulong ko na lalong ikinagulat niya, naramdaman ko ang pag-angat ng mga balikat niya. Humiwalay ako sa pagkakayakap ko sa kaniya at hindi siya makapaniwalang tumingin sa'kin.

"H-Huh?"

"Pakasalan mo na rin ako."

"Tss, a-ano ba ang sinasabi mo d'yan." naiilang pang aniya.

"Nababaliw ako sa ganda mo, Taguro."

"U-Umalis ka nga d'yan," bahagya niya pa akong itinulak pero alam kong dahil lang iyon sa pagkailang niya. Bahagya akong nangiti habang nakayakap pa rin at deretsong nakatingin sa kaniya.

"Believe me, you're beautiful. And you're making my heart smile."

"Tss, ang korni mo."

Magsasalita na sana ako nang biglang nangibabaw ang ingay na nagmumula sa helicopter. Sabay sabay kaming tumingala at tinanaw 'yon.

At doon ko lang napagtanto ang pakinabang ng mga rose petals.

"Wow.." namamanghang usal ko. Nagliparan ang mga rose petals sa hangin habang marahan na lumalapag ang chopper sa pinakabuntot ng puso na siyang simula nang daan papunta sa arko. **"Ang talino naman ng nakaisip niyan?"** sabi ko pa kay Taguro.

"Mm. Si Randall."

"Naks, hahaha!"

Agad na lumapit ang dalawang designers kay Noona at mabilis ding nagtakbuhan ang mga make-up artist niya upang ayusin ang make-up niyang nilusaw na ng luha. Bumaba si Randall at inalalayan ang pagbaba ni Noona, inayos pa nito ang nililipad na buhok ni Noona at hinalikan siya sa noo. Namangha si Noona nang makita niya ang mga rose petals na isa-isang nagliliparan sa mababang ere at marahang nalalaglag sa lupa. Parang may kapangyarihan tuloy na bumabalot sa kanilang dalawa ni Randall.

"Ang ganda niya." ani Taguro kaya nilingon ko siya.

"Mm. Pero mas maganda ka.."

"Tss."

"Chin up, Babe, you're beautiful and you're mine. ALL MINE." nakangiting tugon ko at nagpigil naman siya ng ngiti. **"Pakakasalanan mo na ako?"**

"Manahimik ka."

"Hahahaha! Namumula ka, Babe. Next time 'wag ka ng magmake-up. Hindi mo na kailangan niyan."

"Tss."

"Halika rito," hinala ko ang bewang niya papalapit sa'kin. **"Sabi ko ay hindi ka pwedeng humiwalay sa'kin, eh."**

"Grabe ka naman kasing dumikit, eh. Nasisira 'yung damit ko."

"Ang OA mo, Taguro!" singhal ko.

"Kung makakapit ka kasi.. parang pati damit ko gusto mo, eh. Hahaha!"

"Ang ganda mo lalo dahil tumawa ka, hahalikan na ba kita?"

"Sige, basta sasapakin kita."

"Tch! Dito ka sabi sa'kin!" hinapit ko lalo ang baywang niya't niyakap siya mula sa likuran niya. Ipinatong ko pa ang baba ko sa balikat niya. **"Ang bango bango mo, Babe. Hindi yata ako magsasawang singhut-singhotin ka. Hahahaha! Dito ka lang sa tabi ko, ah??"**

"Pero mamaya sa upuan ay magkahiwalay ang mga babae sa lalaki. Mommy't Daddy mo lang ang pwedeng magtabi."

"A-Ano?! Ayaw ko! Gusto ko katabi kita!"

"Hindi pwede, eh." nakangising tugon niya kaya ngumuso ako.

Dumating ang magkakasal at agad na dumeretso sa ilalim ng arko kaya naman sabay sabay kaming naglakad papunta sa mga upuan. Inihiga ni

Manang si RD sa kuna at tinabihan ito. Naunang maupo sina Maxrill, Tob, Lee at BJ.

"Hey," tawag sa'kin ni Maxwell at nginitian ko naman ito.

"Putsa! Akala ko, ako na ang pinakagwapo rito!" biro ko.

"Tsh. You're crazy. Let's go."

"Saan?"

"I'm the best man, you're the bridesman."

"E-Eh!?" gulat na tanong ako at natatawang tumango naman ito. **"H-Hindi ako in-inform. Tch!"** singhal ko tsaka nilingon si Taguro. **"A-Alam mo bang brides man ako, Babe?"**

"Oo naman, kasama ako sa nagplano, eh."

"Nito?!" turo ko sa arko.

"Oo." tugon niya. **"Kaya nga ngumangalngal ka kahapon paggising mo't wala ako."**

"I-Ibig mong sabihin ay ito 'yung surpresa, Babe?!"

"Oo naman!"

"A-Akala ko ba ay para sa'kin?"

"A-Anong para sa'yo? Tss. May sinabi ba akong ganon?" nakangusong tanong niya pa kaya nginiwian ko naman siya! **"Sige na, sumama ka na kay Maxwell."** aniya pa.

"Halikan mo muna ako."

"H-Hindi na. Sige na."

"Hindi mo ko pa nga ako binibigyan ng good morning kiss!"

"Hinalikan kita bago ako umalis. Tulog ka pa."

"Hindi ko naramdaman!"

"Tsh!" singhal ni Maxwell na binigyan pa ako ng nandidiring tingin.

"Tch! May kasalanan ka pa nga sa'kin kagabi, eh!" sumbat ko kay Taguro.

"Oo na, babawian kita mamaya." aniya sabay kindat kaya nanlisik ang mapanuksong mata ko.

"Aasahan ko 'yan, ah?"

"Let's go." anyaya ni Maxwell at sumunod naman ako rito.

Pumwesto kami sa tabi ng magkakasal at nginitian ko pa ito. **"Kapatid ako nung ikakasal, hehehe! Pero baka ako po ang sumunod."** bulong ko pa rito.

Niyakap ni Randall ang Mommy niya at nag-iyakan sila habang nag-uusap. Sumunod pa ay niyakap niya ang Lolo niya tsaka rin nagbulungan.

Hinalikan pa ng Lolo niya ang pisngi niya at tanging bati na lang ang narinig ko sa mga ito. Nakipagkamay pa si Randall sa mga kasama naming nagsisilbing bisita. Maya maya pa ay sumunod sa'min si Randall at nagyakap agad sila ni Maxwell.

"Congrats, E!" ani Maxwell.

"Thanks, D!" nangingilid ang mga luhaang ani Randall.

What the fvck?!

"Tch. E? D? Anong klaseng tawagan 'yun? What the hell?" bulong ko pa at nang lingunin ko ang magkakasal ay masama na ang tingin sa'kin nito. **"H-Hehehe! Peace on earth."**

"Hey, bro!" baling sa'kin ni Randall!

"Huk!" nabigla pa ako sa biglaang pagyakap sa'kin nito! **"Congrats, bro! Hahahaha! Congrats!"**

"Oo, makakasama ko na sa iisang bahay ang Ate mo."

"Tch, pinakasalan mo siya para ron?"

"Oo, hindi ko kaya ng wala sila ng baby ko, eh! Hahaha!"

"Tsk tsk! I'm happy for you."

"Thanks, bro. Thank you!" bakas ang tuwa at saya sa mukha niya. Parang ito ang unang beses na kuminang ang mga mata niya sa paningin ko. **"Just a second ago, she will became my wife. Come here, honey."** aniya pa na kunwaring may hinihilang bagay mula kay Noona papalapit sa kaniya bagaman nakahinto pa ito ilang dipa ang layo mula sa amin. **"It's time to kiss my bride."**

Nangibabaw ang tunog ng piano kaya napalingon naman ako sa kabilang gilid.

♪ ♫ ***"From this moment life has begun. From this moment you are the one. Right beside you is where I belong. From this moment on. From this moment I have been blessed. I live only for your happiness. And for your love I'd give my last breath. From this moment on."*** ♫ ♪

Nagsimulang kumanta si Parrot.

At kasunod niyon ay ang paglalakad ni Noona mula sa gitna ng puso papalapit sa amin habang kaagapay sina Mommy't Daddy. Ngumiti siya ng malawak at ang kasunod niyon ay ang pagpipigil niya ng luha. Patuloy sa pagpapaulan ng magkahalong puti at pulang rose petals sina Michiko at Taguro sa daraanan ni Noona. Si Keziah naman ay hawak hawak ang belo nito mula sa likuran.

♪ ♫ ***"I give my hand to you with all my heart. Can't wait to live my life with you, can't wait to start. You and I will never be apart. My dreams came true because of you. From this moment as long as I live. I will love you, I promise you this. There is nothing I wouldn't give. From this moment on."*** ♫ ♪

Kahit si Randall ay umiiyak na rin habang papalapit ito sa amin. Kakaiba ang saya na idinudulot ng pinapanood ko sa damdamin ko. Natutuwa ako para sa kanila dahilan upang bahagyang mamasa rin ang mga mata ko.

♪ ♫ ***"You're the reason I believe in love. And you're the answer to my prayers from up above. All we need is just the two of us. My dreams came true because of you. From this moment as long as I live. I will love you, I promise you this. There is nothing I wouldn't give. From this moment. I will love you as long as I live. From this moment on."*** ♫ ♪

Nang makarating si Noona sa harapan namin ay nag-iyakan pa muna sila ni Mommy at Daddy, nagyakap, nagbulungan, nagtanguan at nagpasalamatan, bago ibigay ito ng tuluyan kay Randall. Walang humpay ang iyak nito nang kunin ni Randall ang kamay niya't yakapin siya. Pinahid ni Randall ang lahat ng luha niya at hinalikan ang noo niya.

"I love you, Honey." mahinang usal ni Randall na nakapikit pa nang dampian muli ng halik ang noo niya.

Ilang segundo pa bago kami lingunin ni Noona. Ibang saya ang makikita mo sa mga mata niya bagaman basa ng luha ang mga iyon. Nangingibabaw ang ganda niya sa suot niyang trahe de boda. Todo ang ngiti niya nang lumapit siya sa'kin. Sinalubong ko naman siya ng yakap.

"Congrats, Noona!"

"Salamat, Deib. I love you."

"I love you."

"Congratulations." bati rin ni Maxwell at saka sila nagyakap nito. **"I'm happy for you."**

"Thank you, Maxwell." nakangiting tugon ni Noona.

At nang kunin ni Randall ang kamay ni Noona ay lalo itong lumuha ng lumuha. Agad na nagsimula ang seremonyas.

At wala akong ginawa kung hindi ang sulyapan si Taguro at kindatan siya.

Ang sama sama ng tingin niya sa'kin pero ang ganda ganda niya! Bwahahahahaha! Shet!

Ngumanganga ako at saka ngingisi sa kaniya. Pakiramdam ko lahat ng nagkalat na rose petals ay piraso ng puso ko na masayang bubuuin mamaya ni Taguro at tutumbasan ng halik.

Tapos sasabihin niya sa'kin, Oh Deib Lohr, I am completely in love with you. I will love 'till the end of the world. Bwahahahaha! Dahil hindi naman ganon kaganda ang ugali ni Taguro, syempre, hindi siya mapupunta sa langit. Susunduin ko na lang siya kung saan siya nandoon at pasasakayin ko siya sa pakpak ko at ipaparamdam ko sa kaniya ang pagmamahal ko!

"Bwahaha!" wala sa sariling tawa ko.

Natakpan ko ang sarili kong bibig at saka napapahiyang tumingin sa lahat.

"Hey, thank you for ruining the moment." bulong sa'kin ni Maxwell.

"S-Sorry." paumanhin ko, lalo na sa nagkakasal. **"Sorry. Nakakatuwa kasi silang tingnan."** palusot ko.

Ngumiti ako kay Noona nagulat ako nang makita kong pareho ng mugtong mugto ang mga mata nila ni Randall.

Napayuko ako sa hiya at nagkutkot na lang ng kuko.

Ipapakita ko sa kaniya ang mga puso sa ere, puso sa tubig, puso sa langit, puso everywhere.

Muli kong sinulyapan si Taguro at tutok na tutok siya sa nagkakasal. Tinitigan ko siya hanggang sa tingnan niya ako. Ngumiti ako at ingunuso ang mga labi ko.

Maya maya pa ay naglakad si Rhumzell papunta sa harapan at iniabot ang unan kung saan nakapatong ang mga singsing. Yumuko si Randall at humingi ng halik sa pisngi rito at gumaya naman si Noona, sumimangot muna ito bago tipid na ngumiti.

Tch! Ang sungit pa rin ng batang 'yan.

Kinuha ni Keziah ang unan na 'yon na bitbit ni Rhumzell at iniabot sa nagkakasal.

"Mr. Randall Echavez, do you take Ms. Dein Leigh Enrile to be your lawfully wedded wife?" tanong ng magkakasal habang nakatingin pa rin kami ni Taguro sa isa't isa.

"I do.." walang boses na usal ko at kumunot naman ang noo niya.

"I do, Sir." sagot ni Randall.

"Mr. Dein Leigh Enrile, do you take Mr. Randall Echavez to be your lawfully wedded husband?" tanong uli ng magkakasal at pinandilatan ko naman si Taguro at umastang naghihintay ng sagot niya.

"I don't.." basang basa ko mula sa bibig niya!

"I do, Sir.." umiiyak na ani Noona.

"By the power invested in me, I now pronounce you, *husband* and *wife*." nakangiting dagdag pa ng nagkakasal at saka kami nagpalakpakan.

PALAKPAKAN

Now Playing: For You by Kenny Lattimore

♫ ♪ "For you I give a lifetime of stability.. Anything you want of me, nothing is impossible.. For you, there are no words or ways to show my love.. Or all the thoughts I'm thinking of.. Cause this life is no good alone.. Since we've become one, I've made a change.. Everything I do now, makes sense.. All roads end, all I do is for you.." ♪ ♫

Nangibabaw ang boses ni Migz habang naghahalikan ang dalawa kasabay ng maugong na palakpakan naming mangilan ngilan.

♫ ♪ "For you I share the cup of love that overflows.. And anyone who knows us knows.. I would change all faults I have.. For you there is no low or high or in between.. Of my heart that you haven't seen.. Cause I share all I have and am.. Nothing I've said's hard to understand.. All I feel I feel deeper still, and always will.. All this love is for you.." ♪ ♫

Inihiga pa ni Randall si Noona tsaka hinalikan ng todo kaya naman mas lumakas pa ang palakpak namin.

Nilingon ko si Taguro at nakangiti pa siya habang pumapalakpak. TUMALON TALON ako pagilid hanggang sa marating ko ang tabi niya.

"TA! Maxpein!" malakas na bulong ko pa.

"Tss, ang likot likot mo." singhal niya.

"Bakit hindi mo ko sinagot kanina, ha? May pa-I don't---I don't ka pa?" singhal ko rin sa kaniya habang pumapalakpak pa rin dahil hanggang ngayon ay naghahalikan 'yung dalawa. **"Tch, paaabutin ba nila ng ilang minuto 'yan?"** bulong ko pa tsaka tiningnan si Taguro. **"Ano, ha?!"**

"Ang ingay ingay mo." kunot-noong singhal niya sa'kin kaya napanganga ako.

"Tch, ang sungit mo! Brokenhearted ka ba?"

"Anong brokenhearted?"

"Ayan, oh!" turo ko kay Randall. **"Dahil ikinasal na ang pinakamamahal mong first love. Tch!"** singhal ko. **"Hindi pa siya lumipad kasama nung lovebirds niya, tch."** bulong ko pa habang nakatingin kay Randall.

"Ikinasal na't lahat pinagseselosan mo pa si Randall?"

"Ang sungit mo sa'kin, eh. Malay ko ba kung saan nanggagaling 'yang pagsusungit mo? Tch. Ikaw ang may kasalanan sa'kin kagabi! Ang sakit sakit ng likod ko pagkagising ko!"

"Sino ba ang may sabi sa'yong matulog ka sa sofa?"

"Ang puso ko! 'Yun ang sabi ng puso ko dahil tinusok tusok mo siya kagabi! Tch! Ang ganda ganda nung gabi ko--sinira mo!" nakangusong dagdag ko. **"Gumagawa ka siguro ng dahilan para mag-away tayo, 'no?"**

"W-Woi! Hindi ko ugali 'yan, ah?" aniya at ngumuso naman ako. Sinipat ko ang kabuuan niya at tsaka ako ngumisi.

"Sa'kin ba.. wala kang sorpresa, Babe?"

"Wala."

"Tch, talagang ikaw pa ang gumawa ng sorpresa para sa *ex-boyfriend* mo, ah?" nakangising pang-aasar ko sa kaniya. **"Congrats, kilig na kilig si Noona."** sinsero ngunit nang-aasar na dagdag ko.

"Tss, si Randall ang nakiusap niyan."

"Ah, talaga? Kailan niyo naman plinano 'to?"

"Siya lang ang nagplano, isa lang ako sa mga tumulong sa kaniya. Silang dalawa ni Maxwell ang unang nag-usap, kinausap lang ako ni Randall nung makauwi ako galing korea. Ang totoo ay sa cellphone lang kami nag-usap, sinabi niya sa'kin ang lahat ng plano nila ni Maxwell. Nagkataon namang nung nakausap ko siya ay kaharap ko si Chairman, nabanggit ko 'yung plano ni Randall kaya ibinigay bilang regalo ang lahat ng plano niya, although willing magbayad si Randall. Pribadong isla kasi ang isang 'to, pamilya lang namin ang pwedeng pumunta." mahabang kwento niya. **"Dito rin ang honeymoon nila."** nakangiting dagdag niya. **"Doon."** itinuro niya 'yung bahay.

"Tch, hindi pa nga nakakalakad 'yung pamangkin ko may honeymoon na?!"

"Anak lang ba ang pwedeng gawin sa honeymoon? Tss." nakangiwing tanong niya at ngumuso naman ako.

"Ang bait naman naman pala ng Lolo mo."

"Mm, kilala naman niya si Randall, eh."

"Pumangit lang ang tingin ko sa Lolo mo dahil sa mga paninira mo sa kaniya sa kwento mo noon, hahaha."

"Tss."

"Eh, ikaw?"

"Anong ako?"

"Saan mo gustong maghoneymoon?"

~PLOOK!~

"A-Aray!" reklamo ko matapos niyang pitikin ng hard ang tainga ko! **"M-Masakit 'yun, Babe, ah?"** nakanguso pang dagdag ko. Hinapit ko ang bewang niya't inilapit sa'kin. **"Nananakit ka na ngayon, hindi lang nang damdamin kung di ng katawan!"**

"Tss." natatawang singhal niya kaya natameme na naman ako sa mukha niya.

"Nagugutom na ako, Babe." reklamo ko at saka ko inihilig ang ulo ko sa ulo niya.

"Sa Hotel ang reception natin, nakahanda na 'yon panigurado."

"Hindi ko naman kasi alam na may ganito pala, sana ay gumising ako ng maaga para kumain." nakangusong dagdag ko at napabuntong-hininga naman siya.

Hinawakan niya ang pisngi ko kaya agad na nabusog ang tiyan ko.

"Sandali na lang, okay lang?" malambing na tanong niya at nakangiting tumango naman ako.

"Pati 'yun ay kasama sa plano niyo?"

"Oo naman."

"Eh, itong damit ko? Niregaluhan mo pa ako ng relos at pabango, para saan naman ang mga ito?"

"Mm, lahat ng suot natin ay regalo ni Maxwell kay Randall, ultimong damit pangkasal nila. Wala na kasi siyang maisip na ireregalo sa ikakasal dahil lahat nakuha na nila. Ang plano kasi ni Randall ay summer outfit ang isusuot ng lahat maliban sa kanilang dalawa."

"Buti alam ni Maxwell ang sukat ni Noona?"

"Tss, malamang kasama si Randall nung pumunta sila sa mananahe, ano ka ba?"

"Eh, itong relos at pabango ko?"

"Regalo ko."

"Bakit nga?"

"Tss, gusto ko lang, hindi ka mawala sa isip ko, eh."

Tsk tsk tsk.. Bwahahhahaha! Sinabi ko na nga ba at patay na patay siya sa'kin.

"Bilang kapalit, ireregalo ko sa'yo ang sarili ko." bulong ko.

"Sige," tugon niya at ngumiwi naman ako.

Wala siyang kwenta kahit kailan, Deib, wala.

"Picture! Picture!" namumugto ang mga matang ani Mommy. Walang-humpay ang iyak niya simula pa kanina.

Ilang sandali pa kaming nanatili ron. Konting kantahan, tawanan, karamihan ay kuhanan ng picture. Matapos ang isa't kalahating oras ay umalis kami upang bumalik sa Hotel.

Nagugutom na talaga ako at si Taguro na lang ang nagbibigay ng lakas sa'kin. Naiilang akong yumakap ng mahigpit sa kaniya dahil baka pati kalam ng sikmura ko ay maramdaman niya.

Sa yate ay naupo silang lahat maliban samin ni Taguro. Nakayakap ako sa likuran niya habang nakasandal ako sa hawakan ng yate. Wala pa ring humpay ang iyak ni Noona.

"Stop crying, Honey." ani Randall na pinahid ang luha niya.

"I'm just so happy." sagot ni Noona. Hinalikan naman ni Randall ang mga mata niya.

"I know, I love you, Mrs. Echavez."

"Eeeh!" pag-iinarte ni Noona.

"Oh, hindi ba't Mrs. Echavez na kita?"

"Oo nga, pero 'wag mo ng ipaalala."

"Tsh! Anong 'wag ipaalala, Dein Leigh!?" inis na ani Randall at natawa naman kami. **"Kakakasal mo pa lang sa'kin, kakalimutan ko na?"**

"Ang slow mo! Kinikilig kasi ako! Nakakahiya! Lahat sila ay nakatingin satin! Hehehe!"

"Gusto mong lalong kiligin??" nanunukso ang tingin na ani Randall. **"Babalik tayo mamaya rito, oh."** aniya na inginuso ang islang nalampasan na namin. **"Sa atin ang kaya mas kikiligin ka pa."** mahinang aniya pa. Pinalo naman ni Noona ang braso niya. Nilingon ni Randall si Taguro kaya hinila ko naman ito papalapit sa'kin. **"Pein, thank you so much."**

"Salamat, Maxpein." ani Noona.

"Basta kayo." sagot ni Taguro.

"Yiiieeee, ang sweet sweet ni Maxpein!" ani Mommy.

"Mm, kung gusto niyo ng wedding anniversary ni Tito, pwede rin ho kayo rito."

"Omo! Really?" animong kinikilig na ani Mommy na nag-peace sign pa kay Daddy. **"Malapit na nga pala ang anniversary natin, hihihi."**

"Tch, ang cute ng Mommy ko." bulong ko kay Taguro at tumango naman siya. **"I love you, Babe."** mariing bulong ko pa. Hinalikan ko ang sintido niya habang nakapikit pa. Pakiramdam ko ay ayaw kong mahiwalay sa kaniya. Gusto ko lang manatiling nakayakap sa kaniya habang nakapikit at pakiramdaman ang hangin at halikan siya pagmulat ng mga mata ko. Mahal mahal ko lang siya.

Siya na talaga. Siya lang talaga ang gusto kong makasama at wala ng iba.

Ilang sandali pa ay nakabalik na kami sa hotel. Gaya nga ng sinabi ni Taguro, nakahanda na ang Hotel, ultimong ang mga tao roon ay isinaayos ang lobby ng hotel. Napakaraming bumabati kay Noona at naiiyak ito lalo sa tuwa.

Halos ang buong resto ay ginawa nilang reception, nasa ayos ang mga table at ang romantiko tingnan ng mga ilaw at kandila. May mga manganganta sa gilid at nasa gitna ang napakalaking cake.

Pinagsilbihan kami ng lahat ng tauhan doon, wala halos kaming ginawa kung hindi ang umupo at sumubo. Lahat kami ay mga nakasulyap doon sa mga kumakanta habang si Noona napapaindayog pa. Katabi ko si Taguro at hindi ko maiwasang tingnan siya dahil sa t'wing titingin ako kay Noona ay nahahagip siya ng paningin ko.

Nagsimula kaming kumain, nasa isang maliit na booth sa harapan sila Noona, Randall at Keziah, katabi ang mga manganganta. Kaming magkakaibigan ay nasa isang malaking pabilog na mesa habang ang mga magulang ay nasa katabing mesa.

Hindi ko maiwasang mangiti nang asikasuhin ni Taguro ang pagkain ko. Salubong ang mga kilay niya habang hinihimay ang seafoods na nasa harapan ko, hindi siya galit, tutok lang talaga siya sa ginagawa niya para sa akin. Pinagmasdan ko pa siya kung paanong punasan ang spoon at fork bago iniabot iyon sa'kin.

Natigilan siya sa mga ngiti ko at saka tumingin sa spoon and fork na parang sinasabing kuhanin ko na ang mga iyon.

"Kumain ka ng maayos, 'wag masiyadong marami dahil baka mabigla ang tiyan mo." nag-uutos ang tono niya.

"Yes, Boss Babe." natutuwang tugon ko.

"Ang sarap siguro ng feeling nang bagong kasal, 'no?" pagbabasag ni BJ ng katahimikan habang kumakain kami.

"Oh, eh, bakit sa'kin ka nakatingin?" taas-kilay na biro ni Migz.

"Bagay na bagay sila Ate Dein at Kuya Randall," ani Michiko. **"Lahat sa kanila ay bagay na bagay."**

"Nako! Ganiyan din ang sabi ko kay Max noon, eh! Hahahaha! Biro lang!" sabat ni Parrot at nginiwian ko naman siya.

"Ikaw, Maxwell?" maya maya'y ani Migz. **"Kailan mo balak magpakasal?"**

"I don't have plans." sagot nito at kumunot naman ang noo ng lahat kaya bahagya siyang natawa. **"Wala naman akong girlfriend para magplano ng kasal."**

"Bakit nga pala wala kang girlfriend? If you don't mind.." nahihiyang tanong ni BJ. **"Kasi alam mo na? Sa panahon ngayon.. dumarami ang kapederasyon. Hehehe."**

"Mm?" nakangiting tugon ni Maxwell na hindi nahulaan ang pahapyaw na biro nito. **"Mas importante ang pag-aaral sa'kin ngayon. Natatakot akong baka pagselosan niya ang pag-aaral ko."**

"Masiyadong mahal ni Maxwell ang mga libro," sabat ni Taguro. **"Kawawa lang ang babae kapag nangligaw siya, paniguradong mapapabayaan niya lang 'to."**

"Tsh. Ayaw mo lang talagang maggirlfriend ako." sumbat ni Maxwell. **"Kahit magka-girlfriend ako, hindi ka mapapantayan nang mga 'yon sa puso ko. Ikaw pa rin ang baby ko."**

"Pwede mo na siyang ipaubaya sa'kin, kapatid." sabat ko at nilingon naman ako ni Maxwell.

"Mm-mm." iling ni Maxwell. **"Not yet."** nakangiting dagdag niya at napanguso naman ako. **"Kailangang makapagtapos muna siya ng high school, at ipapaubaya ko na siya sa'yo. Siya ang baby ko."**

"AAAAAAAAHH.." ungol ng lahat na animong na-touch sa sinabing 'yon ni Maxwell. Bakas ang pagiging sinsero nito sa tono ng pananalita at itsura.

"Bakit? Hindi ko ba siya pagtatapusin ng high school?" nakangusong sagot ko.

"You still don't get it, hahaha." pormal pa ring tugon niya. **"Maagang nagboyfriend ang isang 'yan kaya hindi maganda ang record niya sa bahay. Bago iyang relasiyon niyo ang atupagin niya, magdisplay muna siya ng diploma sa service area."** nakangising dagdag niya pa at tumango tango naman ako.

"Naintindihan ko, pagtatapusin ko siya ng high school, don't worry."

"And what about College?"

"Kahit 'wag na siyang mag-College. Gusto ko ay nasa bahay lang siya. Hahahaha!"

"Tss." singhal ni Taguro at nilingon ko naman ito.

"Biro lang, Babe." nakangiting tugon ko. Kinuha ko ang kamay niya't pinisil ito.

Nagtuloy lang kami sa pagkain at kwentuhan. Matunog ang tawanan nang mga matatanda sa kabilang mesa kaya parang may kani-kaniyang mundo rin kami. Panay ang biro ni Tob at Migz habang si Parrot ay panay ang pa-cute sa nakabusangot nang si Lee. Si Maxrill ay walang ginawa kung hindi tingnan ang iba't ibang uri ng pagkain sa harapan niya, napakatakaw niyang bata pero hindi naman tumataba. Si Maxwell ay tahimik pa rin at nakikinig lang sa mga nagsasalita habang nakabantay sa mga kapatid.

"Migz, kanta ka naman," maya maya'y pakiusap ni Parrot.

"Abusado ka rin, 'no, teh?" biro ni Migz.

"Hahaha, hindi ako maka-move on sa ganda ng boses mo kasi!"

"Tse!" ani Migz tsaka tumayo at lumapit sa unahan. **"I'd like to dedicate this song number to the newly weds, best wishes!"** nakangiting ani Migz tsaka bumulong sa manunugtog na tumango naman sa kaniya.

Pumaibabaw ang saliw ng kanta at kasabay niyon ay ang paghele ng bawat taong nanonood sa kaniya.

Now Playing : Love Always Finds a Way by Peabo Bryson

♫ ♪ "We've said it all. A thousand times before. Been to the wall. And always found somewhere to turn. There was always more to learn. We've reached the end. And almost closed the door. And someone within. I never can remember who. All I know is that we've found. The strength to make it through. Love always finds a way. When the clouds have no silver lining. She comes thru shining. Love always sees the light. Through the darkest night. In a small way. Love always finds a way." ♪ ♫

Tumayo si Randall at inilahad ang kamay kay Noona. Nakangiti naman itong iniabot ang kamay niya't iginiya siya nito papunta sa gitna at doon sila nakangiti at titig na titig sa isa't isang sumayaw.

Wala namang espesyal sa ginagawa nila pero lahat kami ay napapangiti sa simpleng pagsayaw nila.

"Para silang kumikinang." bulong pa ni Parrot.

"Mm, bagay na bagay silang talaga." sang-ayon pa ni Lee rito.

"Napakaganda ni Ate Dein," ani Michiko. **"Simple ang gown niya pero napakaganda dahil siya ang may suot nito."**

"Ganiyan ka rin kaganda kapag ikaw na ang naka-trahe de boda." ani Tob.

Napatingin naman ako kay Taguro nang may ngiti sa labi. Nilingon niya naman ako nang maramdaman niya ito.

Lahat kami ay kasal na ang iniisip, bwahaha! Ganito ba talaga kapag in love? Tch!

"Iba pa rin ang trahe de boda kapag ikaw na ang may suot, Babe." pigil ang tawang bulong ko. Siniringan niya naman ako dahilan upang mapanganga ako. **"Gumaganiyan ka na ngayon, ah?!"** panunukso ko pa lalo. **"Babaeng babae na talaga ang girlfriend ko, hahaha. Gusto mo bang isayaw rin kita sa gitna?"**

"Hindi na."

"Oh, sige, sa ibabaw ng mesa na lang. Hehehe."

"Baliw ka. Tss."

"Pero hindi pa kita naisasayaw sa isang espesyal na okasyon."

"Dahil 'yung kauna-unahang beses na niyaya mo ako--namahiya ka pa."

Lahat na lang ng pagkakamali namin sa isa't isa ay saulo pa namin pareho. Tsk tsk.

"Edi babawi ako ngayon, Babe?" nakangiting alok ko.

"Kahit 'wag na."

"Ang sungit mo na naman."

"Nang-aasar ka lang kasi."

"Edi seseryosohin kita," tugon ko at astang tatayo pero pinigilan niya ako. **"Isasayaw kita--"**

"Ibigay na muna natin ang oras sa kanila. Moment nila 'yan, 'wag kang humugot ng sarili mong moment. Tss."

"Hahaha, ang korni mo na. Asan na 'yung maangas na girlfriend ko?"

"Tss."

"Pero mas gusto ko 'yan, lalambingin kita sa t'wing nagkakaganiyan ka, 'yun ang gusto mo, 'di ba?" nakangiting bulong ko pero hindi na siya sumagot at itinutok ang paningin kila Noona.

♫ ♪ **"Holding you near. After the storm has passed. It becomes clear. When all our tears have finally dried. That no matter how we fools.**

May try to turn the tide. ***Love always finds a way. When the clouds have no silver lining. She comes thru shining. Love always sees the light. Through the darkest night. In a small way. Love always finds a way."*** ♪ ♫

"Grabe, ang ganda ng boses ni Migz," ani Yaz. **"Hindi mo mahahalatang bading siya, hahaha."**

****AUTHOR'S NOTE: Ang boses ni MIGZ sa totoong buhay ay mala-Erik Santos d^_^b****

♫ ♪ ***"And in this moments when the magic seems to fade. We must remember then that's the time to keep on. Believing and I'll be a friend. If we both trust. In what we really feel. The two of us. Can hold tomorrow in our hands. All it takes is just the faith to truly understand that... Love always finds a way. When the clouds have no silver lining. She comes thru shining. Love always sees the light. Through the darkest night. In a small way. Love always finds a way."*** ♪ ♫

Iginiya ni Randall pabalik sa pwesto si Noona at kinuha ang gitara nang manganganta. Nakangiti siyang pumwesto paupo sa mataas na upuan na nasa harapan at tumingin sa aming lahat.

"I will dedicate this song to my *wife*. She's my heart, my soul, my treasure, my today, my tomorrow, my forever and my everything. You're my wife now, Dein Leigh, and I could not ask for more." ngiting-ngiting ani Randall kay Noona na agad namang kinilig para sa kaniya.

"Tsh, same old Randall." natatawang bulong ni Maxwell habang nakamasid sa mga ito.

"D," ani Randall sa mic at iniangat naman ni Maxwell ang tingin sa kaniya. **"Isayaw mo naman 'yung bisita natin."** mapanuksong aniya pa sabay senyas kay Keziah.

Kumunot ang noo ni Maxwell, nakahalukipkip ito at tumingin lang ng deretso kay Keziah.

"I'll think about it." pormal na tugon ni Maxwell sabay iwas ng tingin. Nilingon ko naman si Keziah at nagmumukmok agad ang itsura niya.

"Pagbigyan mo na ako," nakikiusap bagaman nakangiting ani Randall.

Patamad na tumayo si Maxwell at lumapit kay Keziah.

"Ang sungit ng Kuya mo, hahaha." bulong ko kay Taguro.

Now Playing : I Could Not Ask for More by Edwin McCain

♫ ♪ ***"Lying here with you. Listening to the rain. Smiling just to see the smile upon your face. These are the moments I thank God that I'm alive. These are the moments I'll remember all my life. I found all I've waited***

for. And I could not ask for more. Looking in your eyes. Seeing all I need. Everything you are is everything to me. These are the moments. I know heaven must exist. These are the moments I know all I need is this. I have all I've waited for. And I could not ask for more." ♪ ♫

Biglang tumingin si Randall kay Taguro at ngumiti kaya tinakpan ko ang mata ng hambog at isinubsob ang mukha niya sa dibdib ko.

"Wala kang titingin sa Randall na 'yan, Babe." bulong ko pa. **"May sumpa ang mga kamay niya!"**

"A-Ano ba," umalis siya at napanguso ako. **"Ang kulit mo. Tss. Nanonood lang, eh."**

"May pangiti-ngiti pa 'yan sa'yo, eh."

"Kakakasal niya lang, Sensui, 'wag kang OA."

"Wow, ikaw nga, pati bata ay pinagseselosan mo! Lahat ng lalaking lumingon sa'yo ay pagseselosan ko rin!"

"Ewan sa'yo." aniya tsaka tumingin muli kay Randall.

Bakit ba ang sungit sungit sungit niya na? Hindi ko na mahulaan ang mga galaw niya ngayon! Sabagay, dati ko naman nang hindi mahulaan ang topak nito! Tch!

Pinanood ko na lang si Maxwell na isinasayaw ang nagdidiwang sa tuwa na si Keziah. Nagniningning ang mga mata niya habang deretsong nakatitig kay Maxwell na pasulyap sulyap lang sa kaniya. Wala pa man sa chorus ay iginiya niya nang pabalik sa upuan si Keziah at tinapik ang balikat ng nagulat na si Randall. Kakamot kamot sa kilay na bumalik sa pwesto si Maxwell sa tabi ni Yaz na animong nagmumukmok.

"Maxrill, do you like this one?" nangibabaw ang boses ni Yaz na humarap pa kay Maxrill, sinadya siguro niyang tumalikod kay Maxwell. Lahat kami ay napalingon sa kaniya dahil lakas ng boses niya.

"No, thanks." nakasimangot na ani Maxrill. **"That's too salty."** dagdag pa nito na pinagdikit ang mga palad at sabay na kiniskis ang mga iyon. Nakanguso siyang tiningnan isa-isa ang mga pagkain na hindi niya pa natitikman.

"Walang kabusugan ang isang 'yan." ani Taguro habang nakatingin sa kapatid.

"Grabe, magkakakapatid nga kayo. Ang susungit niyo pare-pareho." bulong ko.

"Finish your food." ani Maxwell kay Yaz, natigilan naman agad ito. Hindi ito lumingon sa kaniya at nanatiling nakaharap kay Maxrill. **"Hey, I**

said, finish your food." hindi pa rin siya nilingon ni Yaz. Nagkatinginan kaming lahat maliban kay Taguro na kinukutkot lang ang pagkain niya. **"Do you want to dance?"**

Nanlaki ang mga mata ni Yaz habang nakatingin pa rin kay Maxrill. Sinamaan naman siya ng tingin ni Maxrill at saka ito dumila sa mismong mukha niya na parang bata, ngunit hindi na nagawang pansinin iyon ni Yaz. Dahan dahan siyang lumingon kay Maxwell at tumitig sa mukha nito. Hindi nakatingin sa kaniya si Maxwell dahil nilalaro nito dahon na nasa plato.

"A-Are you sure?" hindi makapaniwalang tanong ni Yaz kay Maxwell na nag-angat ng tingin at nilingon siya.

"About what?"

"You're asking me to dance?"

"Yes."

"W-With you?"

"Tsh," mahinang singhal ni Maxwell. **"Give me your hand."** aniya tsaka lumingon kay Yaz.

Dahan dahan namang iniangat ni Yaz ang kamay niya sa harapan nito. Nanginginig ang mga kamay niya. Nangibabaw ang nanunuksong himig ng mga kasama namin sa mesa.

Tumayo si Maxwell at marahan siyang itinayo. Nakapasok ang isang kamay niya sa bulsa habang ang isa ay humihila kay Yaz papunta sa gitna.

"Grabe, iba ang kamandag ng Kuya mo," ani Michiko kay Taguro.

"Tss, titigas tigas 'yan, pero paniguradong kinakabahan din."

"May gusto ba siya kay Ate Yaz?"

"Wala."

"Bakit wala?" tanong ko.

"Dahil mas marami ang itatanong niyo kapag um-oo ako."

"Tch."

Tumayo ako at inilahad sa kaniya ang kamay ko.

"A-Ano 'yan?" tanong niya kasunod ng pamumula ng mukha niya.

"Dance with me," nakangiting tugon ko. **"Like nobody's watching."**

"T-Tss."

"Namumula ka na." bulong ko. **"Kuhanin mo na ang kamay ko nang ako na lang ang makakita."**

Padabog niyang iniabot ang kamay niya at tumango muna ako bago ko siya tuluyang hinila patayo.

"Omo! Sasayaw ang baby ko! Yiiieeee!" panunukso ni Mommy.

"And you're next!" nakangiting tugon ko pa kay Mommy sabay kindat. Dinala ko si Taguro sa gitna at agad na umugong ang panunukso nila. **"Nanginginig ang kamay mo, Babe."** pigil ang tawang bulong ko.

♫ ♪ ***"I could not ask for more than this time together. I could not ask for more than this time with you. Every prayer has been answered. Every dream I have's come true. And right here in this moment is right where I'm meant to be. Here with you here with me. These are the moments I thank God that I'm alive. These are the moments I'll remember all my life. I've got all I've waited for. And I could not ask for more."*** ♫ ♪

"Namumula si Maxpein!" nang-aasar na sigaw ni Tob. **"Pulang pula, hahahaha!"**

"Hindi ko alam na ganiyan pala ang epekto ko sa'yo, Taguro?" mahinang bulong ko. **"Hindi ko tuloy malaman kung ikinahihiya mo ba ako o nahihiya ka sa'kin? Alin nga ba sa dalawa?"**

"A-Ang dami kasing nakatingin."

"Ano naman ang nakakahiya ron? Kahit kailan ay weird ka."

"Hindi mo kasi naiintindihan, h-hindi ako sanay ng ganito."

"Alam naman nilang boyfriend mo ako, ano ang masama ron?"

"Bawal na bang mahiya? Tss."

"Bawal, dahil pakiramdam ko ay ikinahihiya mo akong makasama."

"Hindi ganon 'yon, masiyado ka lang talagang gwapo at hindi ako karapat-dapat sa itsura mo."

"Eh, paano kung halikan kita rito?"

"O-Oh! W-Woi! 'Yan ang 'wag na 'wag mong gagawin!" utal pang aniya kaya natawa ako. **"'Wag na 'wag."**

"Girlfriend nga kita, walang masama ron." nakangising tugon ko.

"B-Basta, a-ayaw ko non. H-Hindi ko kaya. 'Wag na 'wag mong gagawin 'yon dahil m-magagalit talaga ako."

"Sa'kin?"

"Oo! Alangan namang sa sarili ko? Tss."

"Edi ako na lang ang halikan mo, dito mismo. Promise, hinding hindi ako magagalit, Babe."

"A-Ayaw ko lalo!" pasinghal na bulong niya. **"A-Ano ka ba? Puro ka na lang kiss!"**

"Dahil sa bawat halik mo, lalo akong nai-in love sa'yo, Taguro." tugon ko habang nakatitig sa mga mata niya at kitang kita ko ang pamumula

niya. **"Iwasan mo ang mahiya kapag ako ang kasama mo, Taguro, hahalikan talaga kita rito."**

"A-Ano bang nangyayari sa'yo?" nakanguso nang tanong niya kaya mas natawa ako.

"I'm in love with you, Taguro, and all these little things. I'm just in love with you."

"Tss." nakangiting anas niya kaya mas nangiti ako.

"Kinilig ka naman?"

"Hindi, ah!"

"Pero gusto mong kiligin?"

"Bakit?" inosenteng tanong niya at inilapit ko ang mukha ko kaya bahagya siyang lumayo at gumalaw ng gumalaw ang lalamunan niya bilang paglunok.

"Hahahaha!"

"Tsk! M-Mauupo na nga ako!" aniya na umalis sa pagkakahawak sa'kin at akmang lalayo ngunit hinila ko siya hanggang sa mapayakap siya sa'kin.

"YIIIIIIEEEEE!" agad na panunukso ng nakararami.

"'Wag mo kong tatalikuran, Taguro. Tsk tsk tsk." banta ko tsaka ko hinawakan ang magkabilang pisngi niya. **"Kagabi ka pa. Hindi mo magugustohan kapag nainis ako."**

"A-Anong gagawin mo?" kabadong tanong niya na hinawakan ang dalawang kamay ko at akmang aalisin ang mga 'yon.

♫ ♪ ***"I could not ask for more than this time together. I could not ask for more than this time with you. Every prayer has been answered. Every dream I have's come true. And right here in this moment is right where I'm meant to be. Here with you here with me. I could not ask for more than the love you give me. 'Cause it's all I've waited for. And I could not ask for more. I could not ask for more."*** ♪ ♫

Marahan kong dinampian ng halik ang noo niya at naramdaman kong mas humigpit ang pagkakahawak niya sa mga kamay ko.

Nahihiya siya, hahaha!

Natatawa ako sa mga iniaasta niya dahil hindi ako sanay nang ganoon siya. Pakiramdam ko ay pwedeng pwede ko na siyang takutin ngayon, hindi gaya nang dati na ako pa ang takot sa kaniya.

Hahahaha. Babae na talaga siya. Mas gusto ko ito.

Pakiramdam ko ay nagsisimula pa lang uli kami. Kung ako ang tatanongin ay papayag akong bumalik kami sa dati kung saan pwede ko siyang ligawan sa paraang gusto ko at hindi niya inaasahan. Iba ang nararamdaman ko sa kaniya, kulang ang salitang mahal ko siya upang mapatunayan iyon. Nakukulangan din ako sa mga ginagawa ko upang paniwalaan niya ang mga iyon. Kahit alam kong alam niyang mahal ko siya, gusto kong ipakita, iparamdam at patunayan 'yon ng paulit-ulit, araw-araw, bawat sandali na kasama ko siya.

Masiyado siyang espesyal para sa'kin at gusto kong mas maging espesyal pa siya araw-araw. Ang dating pagiging wirdo niya na kinaiinisan ko ay minahal ko, mahal ko at mamahalin ko pa. Ang lahat lahat sa kaniya ay mahal ko at mas minamahal pa.

Hindi ko kaya ng walang isang Taguro. Hindi mamamatay ang katawan at kaluluwa ko pero walang-buhay na titibok na lang ang puso ko.

"I love you, Babe." mahinang bulong ko habang magkalapat pareho ang aming noo. Kusa niya ng isinubsob ang mukha niya sa leeg ko dahil batid kong nahihiya na siya. Maugong masiyado ang panunukso ng mga kasama namin dahil sa ginagawa ko sa kaniya. Hindi ko mapigilan ang matawa nang dahil sa iniaasal niya. **"Be nervous and shy, that's cute."** bulong ko pa at naramdaman ko ang pagkapit niya sa mga tagiliran ng polo ko. **"Iuupo na kita,"** dagdag ko pa pero hindi siya nag-angat ng tingin kaya naman sinilip ko ang mukha niya't hinawakan ang baba niya. **"Ihahatid kita paupo o bubuhatin kita paupo?"**

"Uupo na."

"Good." tugon ko tsaka ko hinawakan ang kamay niya't iginaya siya paupo. Bumaling ako kay Mommy at nakangiti na siya sa'kin. **"Please, dance with me."**

"Sure, baby! Yiiieee!"

Muling kumanta si Migz at isinayaw ko si Mommy. Kasunod niya ay isinayaw ko naman si Noona. Nagsayaw na rin ang iba naming mga kasama at nagpaulit-ulit ang pagsasayaw naming lahat. Masaya ang oras na 'yon, hindi lang dahil sa may magandang okasyon. Bawat segundong nararamdaman ko ang presensya ni Taguro ay talagang nagdidiwang ang puso ko.

Malalim na ang gabi nang magsipag-akyatan kami. Tumambay pa kami sa service area ng suite namin at nanood ng movie na hindi na rin nagawang tapusin nang iba dahil inaantok na.

"Mauna na kami, dre." paalam ni Tob. **"Inaantok na si Michiko."** magkakasama sila nina Parrot at Lee sa kwarto. Magkasama sa iisang kama sina Parrot at Michiko at tag-isa naman sila ng kama ni Lee. May solong kwarto naman si Yaz, habang si Maxwell ang kasama ni Maxrill gayon na rin 'yung dalawang bakla. At kaming dalawa ni Taguro.

Masosolo ko na naman siya! Yeah!

"Sige, matutulog na rin kami maya maya. Tatapusin lang namin 'to." tugon ko na itinuro pa ang TV.

"Sige, bukas na lang." paalam pa ni Lee at tumango naman ako.

Maya maya lang ay dalawa na lang kami sa service area ni Taguro. Pareho lang kaming nakaupo sa mahabang sofa at may isang unan na pagitan pa.

Ayaw niya ba akong katabi?

Tutok na tutok ang mga mata niya sa bampira na 'yon na siyang bida sa palabas at talagang salubong pa ang mga kilay niya.

"Babe?" mahinang tawag ko sa kaniya at bahagya siyang lumingon bagaman nasa TV parin ang paningin. **"Dito ka sa tabi ko--"**

"Magkatabi na tayo." pigil niya sa'kin tsaka muling itinuon ang buong atensiyon sa panonood.

"Gusto kitang yakapin, Taguro."

"'Wag na."

"Tsk. Dali na. Dito ka sa'kin."

"'Wag ka muna magulo, hindi ko maintindihan, eh."

"I said, come here, I wanna hug you."

"No."

"Ako na lang ang lalapit sa'yo." nakangusong tugon ko at inilahad naman niya ang kamay niya nang walang lingunan, kaya napatingin ako ron. Pigil ang ngiting kinuha ko 'yon at hinila siya papalapit sa'kin! **"Hehe!"**

"Tss."

"Bakit ba tutok na tutok ka diyan sa bampirang 'yan, eh, hindi ka naman magugustohan niyan?" bulong ko sa mismong tainga niya at nakangusong nilingon niya naman ako.

"Ganon ba ako kapangit sa paningin mo?"

"Wala naman akong sinabing ganiyan, Babe."

"Tss. Hindi mo dinerekta pero 'yun ang punto mo."

"Sa anong paraan mo gustong malaman na maganda ka?"

"Wala."

"Kahit sabihin kong maganda ka, hindi ka naniniwala?"

"Hindi, masiyado akong totoo sa sarili ko, lolokohin ko na ang sarili ko kapag sinabi ko pang maganda ako."

"Maganda ang lahat lahat sa'yo."

"Okay."

Okay? Tch! Okay, bumalik na naman siya sa dati.

Itinutok niya ang atensiyon sa palabas at itinutok ko naman ang paningin ko sa kaniya.

"'Wag mo kong titigan." utos niya habang nandoon pa rin ang paningin.

"Gusto kitang titigan."

"Hanggang ngayon ba ay hindi mo pa rin saulo ang mukha ko?" natatawang tanong niya.

"Saulong saulo ko na, gusto ko lang na nakikita ko maya't maya dahil kapag umalis ka na naman ay mababaliw na ako." mahinang tugon ko at doon niya ako nilingon. Hindi ko napigilang bigyan siya ng pilit na ngiti. **"Ayaw ko ng nawawala ka sa paningin ko, nahihirapan ako sa ganoong sitwasyon, Taguro."**

"Iniisip mo bang aalis na naman ako?"

"Hindi ko masasabing hindi, pero mahirap sabihing oo. Ayoko nang umaalis ka ng walang paalam, pero hindi ko kayang pakinggan kapag nagpaalam ka. Kaya dito ka lang, 'wag kang aalis at 'wag mo akong iiwan."

"Hindi na ako aalis." sinserong tugon niya at niyakap ko siya ng mas mahigpit pa.

"Dito na lang tayo matulog, gusto kong katabi ka."

"Baka mahulog tayo rito."

"Hindi ka mahuhulog dahil yayakapin kita."

"Tss, nakanganga ka ngang matulog, eh. Anong malay mo kapag nahulog na ako!?"

"Wow! Sinong nakanganga!?" inis na singhal ko sa kaniya at natawa naman siya. **"Tch! Ang gwapo gwapo ko kahit tulog ako, hindi ako humihilik at mas lalong hindi ako ngumanganga!"**

"Oo na, binibiro ka lang, eh."

"Wala ka talagang sense of humor. Tch."

"Okay."

"Tigilan mo na ang panonood, Babe. Sa'kin ka tumutok."

"Wala ka namang ibang magandang sasabihin. Manonood na lang ako."

"Masasama ang salitang lumalabas sa bibig mo, Taguro!" singhal ko sa kaniya at natatawang tinakpan naman niya ang kaliwang tainga niya na malapit sa bibig ko. **"Nasasaktan ako sa mga ganiyang biro mo, ah!"**

"Joke lang!"

"Tsk!" inis akong tumingin na lang sa TV at ngumiwi roon. Gusto ko siyang itulak pero takot akong masapak!

"Woi, binibiro ka lang, eh."

"Ang pangit mo nga kasing magbiro kaya 'wag ka ng nagbibiro. Hindi maganda sa pandinig at masakit sa dibdib!"

"Hahahaha. Grabe, tsk tsk."

"Sige na, matutulog na lang ako. Magsama kayo niyang bampira mo!" marahan ko siyang inihilig sa sofa at umasta akong tatayo.

"Saan ka pupunta?"

"Matutulog na nga, 'di ba? Tch."

"Samahan mo muna ako rito, hindi pa tapos ang pinapanood ko."

"Andwae!"

"Tsk, dali na."

"Mas magaganda ang sasabihin niyang bampirang 'yan kaysa sa'kin kaya sa kaniya ka na."

"Ah, ganon pala kadali sa'yong ipamigay ako?"

Siraulo ka ba?!

Nakanguso akong nahiga uli at natatawa naman siyang tiningnan ako.

"Higa!" utos ko.

"Eh?"

"Humiga ka sa'kin, kung ayaw mong basagin ko 'yang TV na 'yan, Taguro."

"Ang yabang! Hahaha! Parang kaya mo naman!"

Ang pangit pangit na lang lagi ng biro niya! Bakit ba hindi siya matuto ng nakakakilig na biro? Ang tanga niya, grabe. Tsk.

Marahan siyang nahiga sa dibdib ko kaya napangiti naman ako. Kinuha niya ang kamay ko't iniyakap sa kaniya dahilan upang mas mangiti ako. Pero ang mas ikinatuwa ko ay ang paglabas ng mga pangalan ng mga casts ng movie.

Tapos na! Bwahahaha!

"It's *my time* now, Babe." nakangising sambit ko at ngumiwi naman siya. **"Look straight into my eyes and do not close it.. not until I kiss you.. again and again and again."**

"Hindi na, maliligo pa ako." tumayo siya at napabuntong-hininga naman ako sa inis.

"Bilisan mo, ako ang susunod." utos ko at tumango naman siya tsaka pumasok sa kwarto.

Tch, gaano ba kahirap ang humalik para sa kaniya!? Nakakayamot!

Matagal.

Napakatagal.

Mahigit isang oras akong naghintay bago siya dumungaw sa pinto upang tawagin ako. Inis akong bumangon at napabuntong-hininga nung kaharap ko na siya.

"Mabilis akong maligo, hahalikan mo ko pagkatapos." banta ko sa kaniya at ngumiwi naman siya. **"Tch. Ako ang hahalik sa'yo kung ayaw mo."** dagdag ko tsaka pumasok sa kwarto.

Mabilis.

Napakabilis.

Mahigit limang minuto lang akong naligo at lumabas akong napakabango at may malawak na ngiti sa labi.

"TAGURO!" nakangising tawag ko pa sa kaniya at nilingon niya naman ako. **"Gising ka pa?"**

"Mm, pinapanood ko itong video ng Ate mo, ang ganda niya talaga, grabe."

"Hahaha! Ngayon ay alam mo na kung bakit naka-move on sa'yo si Randall?"

"Tss."

"Hindi dahil sa maganda siya, kung hindi dahil nakalaan ka para sa'kin." mayabang na tugon ko at tsaka patalon na sumampa sa kama niya. **"Dito tayo matutulog?"** tanong ko. Nakasandal siya paupo sa tatlong magkakapatong na unan habang ang kanang tuhod niya ay bahagyang nakataas at ang kanan ay nakalapat. Nanatili akong nakatayo sa kama at tinatalunan iyon.

"Hindi tayo pwedeng magtabi, Sensui. 'Yan ang habilin ng Daddy mo."

"Edi doon tayo sa sala?"

"Okay naman tayo rito, mas makakatulog ka ng ayos kung nandiyan ka sa kama mo."

"Sinong may sabi sa'yo? Tch! Alam mo ba kung gaano kahirap matulog nang alam kong ilang dipa lang ang layo mo sa'kin? Hindi masarap ang ganoong tulog, Taguro. Gusto kitang katabi."

"'Wag kang makulit."

"Edi doon na nga lang tayo sa sala? At least doon ay makikita tayo ng lahat at hindi tayo pag-iisipan ng masama, hehehe."

"Okay."

"Sa ngayon, gagawa muna tayo ng masama."

"A-Anong ibig mong s-sabihin?" utal na tanong niya kaya natawa ako.

"Iyan ang joke, Taguro. Ganiyan ang biro."

"Tss, alen? 'Yung ikaw lang ang natatawa?"

"Tch! Itabi mo na 'yan, hahalikan na kita."

Kumunot ang noo niya. **"Kailangan ba talagang gabi gabi mong gawin 'yan?"**

"Oo, dahil paniguradong ayaw mo sa umaga. Dito lang kita makakasama ng magdamag kaya magpaubaya ka na, hahaha. Magpahalik ka na sa'kin at 'wag mo na akong pigilan."

"Ayaw ko."

Napabuntong-hininga ako at huminto sa pagtalon. Nanatili akong nakatayo habang siya ay nakatingala sa'kin. Nahaharangan ko ang ilaw kaya naman nakikita ko ang anino ko sa kaniya.

"Ayaw mo ba ng hinahalikan kita, Taguro?"

"B-Bakit mo naitanong 'yan?"

"Wala ka kasing ginawa kung hindi ang tanggihan ako."

"H-Hindi naman sa ganon--"

"Pero tumatanggi ka. Ibig sabihin lang non ay ayaw mo."

"Galit ka na niyan?"

"Hindi, nirerespeto ko naman ang desisyon mo." nakangiting tugon ko. Hindi siya nagsalita at tumitig lang sa'kin. **"Ayos lang."** nakangiti pa ring dagdag ko. Pilit na ipinaparamdam sa kaniya ang pagiging sinsero ko. Marahan akong yumuko sa kaniya. Itinukod ko ang magkabilang kamay ko sa kama habang nasa ibabaw niya.

Namutla agad siya.

Panay ang kurap niya habang nagpapalipat-lipat ang tingin sa magkabila kong mata.

Kinuha ko ang video camera na hawak niya at sabay pa naming nilingon ang pagpatong ko niyon sa side table. Nang ibalik ko ang paningin ko sa kaniya ay nasa video cam pa rin ang paningin niya. Nang maramdaman niya ang titig ko ay saka niya lang ako nilingon. Marahan kong inilapat ang nakataas na tuhod niya at inilapit ko ang mukha ko sa kaniya.

"A-Ano ang g-gagawin mo?" kabado ng tanong niya.

"Tititigan ka, ayaw mong halikan kita, eh."

"W-Wala naman akong sinabing ganon."

"Pero iyon ang ipinaparamdam mo kanina pa."

"N-Nahihiya na kasi ako sa'yo--"

"Walang nakakahiya ron, Taguro, gusto ko ang hinahalikan ka." mahinang tugon ko. Hindi siya sumagot at bahagyang tumungo. Nakatitig siya sa nagkukutkutang mga daliri niya. Bahagya akong natawa sa iniaasta niya.

"U-Umayos ka ng upo." pumipiyok ang boses na aniya kaya mas natawa ako.

Suminghap ako ng hangin at saka naupo ng ayos sa tabi niya. Marahan akong umakbay sa kaniya tsaka ko hinawakan ang magkabilang balikat niya upang ihiga siya sa kandungan ko. Ako na ang sumandal sa magkakapatong na unang kaninang sinasandalan niya. Tumingala siya sa'kin at nagtama ang paningin namin.

"Sa College, gusto ko sabay pa rin tayong kakain. Pupuntahan kita sa campus niyo." maya maya'y sambit ko.

Tumango naman siya. **"Pero kung magiging abala sa'yo ay huwag na."**

"'Yun ang gusto kong gawin."

"Oo nga, pero alam kong magiging busy ka."

"Mm, excited na akong pumasok na ewan. Mas matutuwa ako kung makakasama kita."

"Nasa iisang school lang naman tayo. Magsasawa ka sa mukha ko kapag araw-araw ay magkasama tayo, haha."

"Hindi ako magsasawa sa mukha mo. Mas gusto kong makita 'yan maya't maya."

"Talaga?" nakangiwing tanong niya tsaka bumuntong-hininga. **"Pagkabalik natin sa Laguna ay kailangan ko ng mag-aral para sa accelaration test na kukunin ko. May kahirapan daw ang isang 'yon sabi ni Dean."**

"Alam ko namang kaya mo 'yun."

"Mm, salamat. Kailangan kong kayanin. Para sa'kin din naman 'to--"

"Para sa atin." nakangiting pigil ko sa kaniya at natawa siya. Siniringan niya ako at tumingin sa kisame. **"'Wag kang magpapaligaw, ah?"**

"Tss, bakit ko naman gagawin 'yon? Sa tingin mo ba ay magagawa ko 'yon?"

"Iba ang mga lalaki ngayon, Taguro. Minsan kahit na wala silang pahintulot mangligaw ay nanliligaw sila. Basta, 'wag kang magpapaligaw, makakapatay talaga ako, Taguro."

"Wala namang mangliligaw sa'kin panigurado."

"Sino naman ang may sabi sa'yo?"

"Tss. Ikaw!" turo niya sa'kin. **"Ikaw ang umayos. Lalo na ngayon at alam mo na kung paano akong magselos."**

"Mas gusto ko ngang pagselosin ka, eh. Kasi ako pa ang nagkaka-reward, hahaha."

"Tss. Sige lang," parang naghahamon pang aniya. **"'Wag kang papahule."**

"Hindi ko gagawin 'yon, okay? At saka, hindi ko talaga maiiwasan 'yon, Taguro. Maraming nagkakagusto sa boyfriend mo."

"Tss, ayan na naman. Mahal na mahal mo talaga ang sarili mo, eh, 'no?"

"Oo naman, may nagmamahal kasi sa'kin na Taguro, kaya kailangan kong mahalin ang sarili ko. Hehehe."

"Gwapong gwapo ka sa sarili mo."

"Hindi ba ako gwapo?"

"Gwapo."

"Kaya nga hindi maiiwasan 'yon. Dumaan nga lang ako ay kinikilig na sila at nagtitilian. Nakakarindi pero sanay na ako. High school pa lang ako ay may mga nagkakagusto na sa'king College, edi lalo na ngayong nasa College na ako, paniguradong mas maraming magkakagusto."

Hindi agad siya nagsalita. Tumitig pa muna siya sa'kin at saka bumuntong-hininga.

"Matulog na tayo." maya maya'y anyaya niya.

"Nagseselos ka na naman?"

"Hindi."

"Eh, bakit matutulog ka na agad?"

"Dahil inaantok na ako."

"Tch. Nagseselos ka, eh."

"Hindi nga." bumuntong-hininga pa siya. **"Hindi ako magseselos sa mga babaeng naghahabol sa'yo. Mas pagseselosan ko ang babaeng magugustohan mo bukod sa'kin--kesehodang magustohan ka rin o hindi."**

Natigilan ako.

"Matulog ka na, para maaga naman tayong magising bukas. Lagi na lang tayong tinatanghali ng gising."

"Sige, Babe. Goodnight kiss, pwede?" tanong ko at ngumiti naman siya.

Nang hindi siya sumagot at manatiling nakangiti sa'kin ay iniangat ko ang kanang tuhod ko dahilan upang umangat papalapit sa dibdib ko ang ulo niya. Hinawakan ko gamit ang hintuturo ko ang baba niya upang maipwesto ang bibig niya paharap sa'kin.

"G-Ganiyan ba ang goodnight kiss? H-Hindi ba't m-mabilis lang dapat 'yon?"

"Mahaba ang gabi, Taguro, kaya dapat lang na mahaba rin ang goodnight kiss ko." mahinahong tugon ko habang nakatingin sa labi niya, at inosente naman siyang tumingin sa'kin. **"Hahalikan na kita."**

"A-Akala ko ba ay g-goodnight kiss lang?"

"Ganon na rin 'yon. 'Wag ka ng maingay."

"H-Hindi naman ako maingay--"

"'Wag ka ng magsalita."

"E-Eh k-kasi.."

Gusto kong pumikit habang papalapit sa mukha niya pero importante sa'kin ang makita ko ang reaksiyon niya. Masarap sa pakiramdam 'yung nakikita kong namumula at kinakabahan siya ng dahil sa'kin.

Ako ang dahilan kung bakit nagkakaganiyan ang isang Taguro.

May ngiting sumilay sa mga labi ko bago ko pa man magawang dampian ng halik ang labi niya. **"Gusto kong ubusin ang hininga mo, Taguro."** mahinang bulong ko at tinitigan ang mga mata niya.

"K-Kinakabahan ako, Babe."

"Mm, matutulog na tayo." nakangiting tugon ko. Nagdidiwang ang puso ko dahil sa itsura niya. Bakas ang takot sa mukha niya nang dahil sa'kin at sa ginagawa ko.

Marahan pa akong lumapit at muling ginawaran ng halik ang labi niya. Isang magaan na dampi ng halik. Tsaka ko siya tuluyang inihilig sa unan niya.

"Hindi ba talaga ako pwede rito sa tabi mo?" tanong ko, suminghap siya ng hangin at tumitig sa mga mata ko. Naghahanap ng sagot ang mga tingin niya. **"Promise, yayakap lang ako."** dagdag ko at nawala ang kaba sa mukha niya. **"Tabi tayong matutulog?"** nakangiting tanong ko at tatlong sunod sunod na tango ang itinugon niya. Ngumiti ako at hinalikan ang ulo niya. **"I love you, Babe."**

"I love you." mahinang tugon niya habang nakapikit pa.

Kinuha ko ang kumot at ibinalot iyon sa kaniya. **"Matulog ka na, babantayan kita."**

"Sige."

"Tumalikod ka at sumandal sa'kin."

"O-Oo."

Tsk tsk tsk.. sumusunod kay Sensui ang isang Taguro. Unbelievable.

Hinapit ko siya papalapit sa'kin at pinahiga sa braso ko. Isiniksik ko ang sarili ko sa mabangong buhok niya habang nakayakap ang kanang braso ko sa ibabaw ng kumot. Napangiti pa ako nang hawakan niya gamit ang dalawang kamay niya ang parehong kamay ko.

Ilang sandali pa ay pareho na kaming lunod sa pagtulog.

♥ K ♥ I ♥ N ♥ A ♥ B ♥ U ♥ K ♥ A ♥ S ♥ A ♥ N ♥

"SESANGHE!"

Napabalikwas ako ng bangon nang umalingawngaw ang boses ni.. **"C-Chairman?"** mahinang usal ko. Nilingon ko si Taguro at gulat din itong nakatingin kay Chairman Enrile.

"Ano sa tingin niyo ang pinaggagagawa ninyo?!" nagtatagis ang mga bagang na singhal niya. Napatingin ako sa likuran niya at nandoon si Mommy't Daddy na nag-aalalang nakatingin sa'min. Pare-pareho silang nasa loob ng kwarto.

Nangibabaw ang pagkapahiya sa dibdib ko at naiharap ko sa kanila ang dalawang palad ko.

"C-Chairman, w-wala kaming ginagawang masama." mahinang tugon ko.

"Sino ang nagbigay sa inyo ng pahintulot na magtabi sa iisang kama, Deib Lohr!" sigaw niya.

"A-Ako ang nagpumilit, Chairma--"

"At sa tingin mo ay tama itong ginagawa mo?"

"C-Chairman, natulog lang po kami--"

"Sino ang maniniwala sa iyo!" sigaw niya at natigilan naman ako't napatitig sa kaniya. **"Ala-una na ng hapon, ano ang ginawa mo para magdamag kang matulog!?"**

"C-Chairman, please?" nakikiusap ang tonong tugon ko.

Galit siyang tinitigan ako ng ilang segundo at saka ibinaling ang tingin kay Taguro na nakaupo sa kama at nakayuko lang sa magkatabi niyang tuhod.

Namewang si Chairman Enrile at pinasadahan ng tingin ang kabuuan niya.

"Anong klase kang babae?" tanong ni Chairman kay Taguro dahilan upang mag-angat ito ng tingin sa kaniya. Dahan dahan ko ring nilingon si Chairman at sa hindi maipaliwanag na dahilan ay natakpan ng galit ang kaba ko. **"Sa tingin mo ba ay nasa tamang edad ka na upang gawin ang bagay na ito?!"**

"Wala ho kaming ginawang masama--"

"Manahimik ka!" sigaw ni Chairman dahilan upang maibaba ni Taguro ang paningin. **"Napakalandi mo!"**

"Chairman!" sigaw ko. **"'Wag niyong babastusin ang girlfriend ko!"**

"Bakit hindi, Deib Lohr?! Nagawa mo nga siyang ikuwarto--bakit ko siya igagalang pa?! Bastos na ang isang iyan bago mo pa maging nobya kaya huwag ka nang umasta na nasasaktan pa!"

"C-Chairman, please," sumabat si Mommy. **"M-Mag-usap tayo nang mahinahon, bagong gising ang mga bata."**

"Hindi, Lacey!" sigaw ni Chairman. **"You!"** turo niya kay Taguro. **"Bumangon ka riyan at ayusin mo ang sarili mo! Ke' babata ninyo pa ay kung anu-ano nang eksperimento ang ginagawa ninyo!"** tiningnan niya pa kaming pareho. **"Mahiya ka sa sarili mo, Maxpein! Ganon ba kadali para sa iyo ang bumigay dahil sa gwapong apo ko?!"**

"Chairman!" malakas na sigaw ko! Sa galit ko ay hindi ko na nagawang pigilan ang sarili ko! Itinulak ko siya papalabas ng kwartong iyon. Isinara ko ang pinto ng kwarto namin ni Taguro at hinarap ko siya. **"Wala kaming ginagawang masama! Hindi ako sing dumi ng iniisip ninyo--!"**

~PAAAK!~

SINAMPAL NIYA ANG KALIWANG PISNGI KO.

Hindi ko agad naiharap sa kaniya ang mukha ko.

Bagaman wala akong ginawa ay naghahabol ako ng hininga bago ko tuluyang naiharap ang mukha ko sa kaniya.

"Mga wala kayong kahihiyan!" sigaw niyang muli at saka dinaklot ang kwelyo ng t-shirt ko gamit ang dalawang kamay niya. **"Ano ang iniisip mo, Deib Lohr?!"** buong pwersang sigaw niya at malakas akong itinulak dahilan upang humampas ang likuran ko sa mahabang couch. **"Ang babata ninyo pa!"** sigaw niya na dinuro mismo ang mukha ko. **"Bakit nagsasama kayong matulog sa iisang kwarto at *iisang kama*! Sesanghe!!"** nanggagalaiting sigaw niya. **"Ano sa tingin mo ang ginagawa mo!"**

"Chairman, wala nga kaming ginagawang masama!"

"At hihintayin mo pang magkaroon?!" tiim-bagang na singhal niya at natigilan naman ako. **"Hindi ka na nahiya sa *sindikatong* magulang nang batang iyon? Hindi mo na inalintana ang masasabi niya! Ipinapakita mo pang ikinu-kuwarto mo pa ang anak niya na parang asawa--"**

"Chairman!" pigil ko sa kaniya. **"Bakit kayo ganiyan kung magsalita?!"** hindi makapaniwalang tanong ko. **"Wala ba kayong tiwala sa'kin kahit kaunti?!"** humahangos sa galit na sigaw ko pabalik.

Hindi ko maipaliwanag ang paghahalo ng galit at kaba sa dibdib ko. Alam kong may mali akong ginawa pero hindi ko matatanggap na idadamay niya rito si Taguro. Hindi ko matatanggap na bastosin niya sa ganitong paraan ang taong mahal ko.

"Paano kapag *nabuntis* mo ang batang iyon, Deib Lohr!"

"God damn it!" galit na talagang sigaw ko. **"Ni minsan ay hindi *iyan* pumasok sa isip ko, Chairman! Wala akong ibang alam kung hindi ang mahalin siya ng mahalin ng mahalin ng mahalin!"** paulit-ulit na sigaw ko. Naramdaman ko ang pagtangis ng bagang ko sa sobrang galit. **"Ang sinasabi ninyo ay *hindi* pa kasama sa nararamdaman ko! Alam kong nadala kayo kay Lolo, Daddy at Ate ko pero hindi ba pwedeng *maiba* ako!?"** pagpupumilit ko. **"Na kahit na iisang dugo ang dumadaloy sa atin ay hindi mapapaaga ang pag-aasawa ko?!"**

"Hindi mo alam ang sinasabi mo! Hindi mo alam kung paano at kailan sumasalakay ang tukso, Deib Lohr!" namumulang sigaw niya. **"Napakabata mo pa! Paano kung mabuntis mo ang isang iyon?! Sesanghe!"**

"Edi pakakasalan ko siya!" sigaw ko at natigilan siya. Napapangangang tumitig sa'kin. **"May mangyari man sa'min ngayon, bukas o sa ibang araw, *siya* lang ang babaeng gusto kong makasama!"**

"You don't know what you're saying.." hindi makapaniwalang tugon niya. Sunod sunod na iling pa ang ginawa niya. **"You don't know what you're saying, Deib Lohr!"** pag-uulit niya.

"And you don't know how I *feel*, Chairman." mahinahong tugon ko.

"You are crazy!" dinuro niya ako at muling dinaklot ang kwelyo ko dahilan upang mapasinghap ako ng hangin. **"Siguro nga ay may nangyari na sa pagitan ninyo kaya ganito ka na lamang kung magsalita sa akin!"**

"Wala 'yan sa isip ko, Chairman." paniniguro ko. Sinusubukan kong pigilan ang galit ko dahil wala ako sa posisyon upang bastosin siya. **"At wala akong pakialam kahit na hindi ninyo ako paniwalaan. Hindi kailanman pumasok sa isip ko ang bagay na 'yan.. pero nang dahil sa iniaasta niyo.. napaisip tuloy ako."** mahinahong dagdag ko at tiim-bagang naman siyang sinamaan ako ng tingin. **"Ano nga ba ang meron sa *bagay* na *iyan* at ganiyan niyo na lang ako kung pigilan??"**

"Suwail kang bata! Bastos!"

~PAAAK!~

Sinampal niya uli ako pero hindi man lang nagawang pamanhidin niyon ang pisngi ko. Naiwan sa kwarto sila Mommy't Daddy kaya niya nagagawa sa'kin ito.

"Napakataas ng respeto ko sa babaeng mahal ko, Chairman. Mas mataas pa halos kesa sa respeto ko sa inyo. Hindi ko magagawang bastosin siya gaya ng ginagawa ko sa inyo. Ngayon, kung inaalala niyo ang pagkakaroon niyo ng apo sa talampakan sa'kin ng hindi kasal gaya ng ikinadismaya ninyo sa iba, 'wag kayong mag-alala dahil hindi ko kayo bibiguin." paniniguro ko at agad na nagsalubong ang mga kilay niya. **"Sisiguraduhin kong kasal siya sa'kin bago ko siya ibuo ng pamilya."**

~PAAAK!~

Muli kong tinanggap ang mas malakas na sampal niya.

"Ano ba ang ipinagmamalaki mo?!" naghahamon at makapangyarihang singhal niya, **"Iyang nararamdaman mo!?"** dinutdot niya pa ng ilang beses ang dibdib ko. **"Mabubuhay ka ba niyan?!"**

"Yes, Chairman." pilit nagpapakahinahon na tugon ko. **"Dahil mas ikamamatay ko unti-unti kapag nawala ang nararamdaman kong 'to."** sagot ko at saka inalis ang pagkakadaklot niya sa kwelyo ko. **"'Wag niyo na ulit babastosin ang girlfriend ko, kung ayaw niyong mawala ang respeto ko sa inyo."** dagdag ko at saka tinalikuran siya at pumasok sa kwarto.

"D-Deib.." sinalubong ako ni Mommy pero hindi ko siya pinansin.

Nanlulumo ako. Gusto kong ibalik ang oras simula kagabi kung saan mas pinili ko na lang sana ang matulog uli sa sofa at manakit ang katawan kinabukasan, kaysa mangyari ang lahat ng ito ngayon.

Kasalanan ko 'to.

Lumapit ako kay Taguro at lumuhod sa harapan niya. Nanatili siyang nakatingin sa mga tuhod niya at bakas ang kaba at pag-aalala sa mukha niya. Hinawakan ko ang pisngi niya na bahagya niya pang ikinagitla, tsaka ko siya iniharap sa'kin.

"I'm sorry." mahinang usal ko. Agad na nangilid ang mga luha niya kaya dahan dahang napiga ang puso ko. **"I'm so sorry, Maxpein."**

Hindi siya nagsalita at tanging sunod sunod na iling lang ang isinagot niya.

"Lalabas na muna kami," sabat ni Dad. **"Pagpasensiyahan mo na ang Lolo ko, hija. Kakausapin na muna namin ang Chairman, Deib Lohr."** baling niya sa'kin pero hindi ko rin siya nagawang pansinin.

Niyakap ko siya. **"I'm so sorry, Maxpein."**

Sumasama ang loob ko.

Alam kong hindi rin ito inaasahang mangyari ng mga magulang ko. Pero hindi ko maiwasan ang sumama ang loob ko.

Alam nilang magkasama kami ni Taguro rito at magagalit si Chairman kahit pa maghiwalay kami ng kama. Bakit pa nila isinama rito? Sana ay ginising na muna nila ako.

"M-Maliligo na ako." maya maya'y ani Taguro dahilan upang bumalik ako sa ulirat.

"I'm sorry, Babe." sinserong paumanhin ko. **"Kasalan ko 'to, kung hindi ako nagpumilit kagabi na tabihan ka ay hindi sana ganito. Sorry sa mga sinabi ng Lolo ko--"**

"Naiintindihan ko siya, hindi mo kailangang magsorry para sa kaniya." aniya at saka inalis ang mga kamay ko sa pisngi niya.

"Babe.."

"Maliligo na ako." malamig na aniya at saka hinablot ang roba niya at dumeretso sa banyo.

Sumunod ako roon at naisandal ang noo at palad ko sa pinto.

Nanlulumo ako lalo. Nanghihina ang mga tuhod ko.

Pero pakiramdam ko ay may kakaibang lakas ako upang manakit ng tao sa oras na ito.

Kung hindi lang siya si Chairman ay nasapak ko na siya.

Matagal..

Mas matagal ang inilagi ni Taguro sa banyo ngayon kaysa sa nakasanayan ko.

Nang lumabas siya mula roon ay mugto na ang mga mata niya at humihikbi pa. Agad akong lumapit at niyakap siya.

"Babe.. I'm sorry." nag-aalalang tugon ko at sunod sunod na iling naman ang ginawa niya tsaka pilit na ngumiti sa'kin.

"Maligo ka na."

Tumango ako at pinahid ang mga luha sa pisngi niya. **"Mahal na mahal kita, Taguro."** bulong ko pero ngumiti lang siya at saka tinalikuran ako. Parang dinurog ang puso ko sa ginawa niyang iyon.

Nanghihinang dinampot ko ang roba ko at pumasok sa banyo. Minadali ko ang pagligo sa kabila ng mabigat kong loob. Nag-aalala ako sa nararamdaman ni Taguro. Kung ako ay nagalit dahil sa ginawa ni Lolo, ano na lamang ang naramdaman niya nang dahil sa mga sinabi nito?

Paniguradong napahiya siya at nasaktan. A-Ano ang gagawin ko, Taguro? Sabihin mo sa'kin.. ano ang gagawin ko para matakpan ko iyang nararamdaman mo? I'm so sorry.

Napahilamos ako sa mukha ko nang buksan ko ang shower. Napapikit ako habang nakatuon sa pader ng banyo. Naninikip ang dibdib ko sa galit. Gustong tumulo ng mga luha ko ngunit hindi iyon nagkukusa.

Nangibabaw ang galit sa dibdib ko hanggang sa matapos akong maligo.

Natigilan ako nang makita kong blangko ang kwarto at wala si Taguro.

Saan siya nagpunta?

Dali dali akong kumuha ng damit at nagbihis. At nang matapos ay kinuha ko ang cellphone ko pero wala ng battery iyon kaya naman inis na kinuha ko ang adapter niyon at isinaksak. Ilang minuto ang hinintay ko bago mabuksan ito upang tawagan si Taguro.

"Oh?" sagot niya.

"Nasaan ka, Babe?"

"Nandito sa baba, kausap ko ang Lolo mo."

"Ano?! Bakit hindi mo ko hinintay?!"

"Bumaba ka na rito. Bye." malamig ang tonong aniya tsaka kusang ibinaba ang linya.

Muli kong hinugot ang adapter at dali daling bumaba. Agad na hinanap ng paningin ko ang mga kasama ko ngunit wala akong nakita maski isa sa

kanila sa labas. Nalampasan ko ang information desk kaya bumalik ako roon.

"Nasaan si Maxpein?" tanong ko.

"Nasa Resto po sila, Sir." nakangiting tugon ng isa.

"Salamat."

Dumeretso ako sa Resto at gaya ng inaasahan ko. Sinisigawan na naman ni Lolo si Taguro!

"Ang mga kabataan na gaya ninyo ay hindi karapat-dapat na igalang! Kay babata ninyo pa---nagsasama-sama na kayo sa mga kuwarto?! Babae at lalaki?! Nasaan na ang *delicadeza* ninyo?!" mariing sigaw pa ni Chairman! **"May natitira pa bang asal bilang babae sa mga katawan ninyo?!"**

"Chairman!" sigaw ko rito at agad naman akong nilingon nito. Sina Yaz, Parrot, Michiko at Taguro ang nakatayo at kaharap niya. Sina Lee, Tob, BJ at Migz ay mga nakaupo at nakayuko. Si Mommy ay nakayuko sa tabi. Kami kami lang ang nandito ngayon.

"Oh! Isa ka pa!" buong pwersang sigaw na naman niya sa akin! **"Mga wala kayong kahihiyan! Anong klase kayong mga kabataan! Mga hindi kayo nag-iisip! Puro kayo kapusukan!"**

"Ano ang kapangyarihan na mayroon ka upang kintilan ng ganiyan kasasamang salita ang nagmamay-ari ng lupaing tinutungtungan mo sa ngayon, Enrile?"

Sabay sabay kaming natigilan nang pumaibabaw ang tinig na iyon.

Makapangyarihan at maawtoridad ang pormal na pananalita niya. Bagaman alam ko kung sino ang nagmamay-ari ng boses na iyon ay hindi ko maiwasang maghanap ng sagot. Kumabog sa kaba ang dibdib ko at tumuwid ang likuran ko.

Dahan dahang napalingon si Lolo sa likuran ko at napatitig doon. Nagtama ang paningin namin ni Taguro bago niya ibinaling sa likuran ko ang paningin niya.

Marahan akong bumaling sa likuran ko at nasa harap ko na ngayon ang buong pamilya ni Taguro. Ang mga **Moon**. Mula sa unahan ko ay ang maawtoridad at pormal ang tindig na si Chairman Moon. Ang blangkong tingin ni More. Ang sopistikadang si Maze Moon. Ang misteryosang si Heurt Park. Ang palabirong si Mokz. At ang maangas din ang dating na sina Maxwell at Maxrill.

"Chairman Moon." ani Chairman Enrile at tumango ng ilang segundo rito. Nang mag-angat siya ng tingin, bagaman nabawasan ay nandoon pa rin ang galit sa tingin niya. **"Sa tingin ko ay kailangan nating pag-usapan ang bagay na ito. Hindi ko nagustohan ang pagsasama ng apo mo at apo ko sa *iisang* silong. Hindi kailanman magiging tama para sa akin ang ideya na iyon. Sa palagay ko ay nararapat lamang na pagsabihan ninyo ang inyong apo na si Maxpein."**

"Sa tingin ko ay hindi mo na kailangang sabihin pa iyon." tugon ni Chairman Moon dahilan upang matigilan si Chairman Enrile. Dahan dahang lumipat ang tingin niya kay Taguro na deretso ring nakatingin sa kaniya. **"Geuneun dangsin-ege museun chis-eul hangeoya?"** pormal na pormal ang pananalita nito.

Hindi ko naintindihan ang sinabi niya kaya naman kumunot ang noo ko.

Translation: What did he do to you?

"Amugeotdo, Hwejang-nim." tugon ni Taguro at iyon ang natindihan ko.

Translation: Nothing, Chairman.

"Dangsin." baling ni Chairman Moon kay Chairman Enrile. **"Uri Hotel-eul dumnida. Naga. Jigeum."**

Translation: You. Leave our Hotel. Get out. Now.

Bagaman hindi ko naintindihan ang lahat ng sinabi nito ay bakas ang pag-uutos sa tono ng pananalita nito. Makapangyarihan, talagang makapangyarihan. Muling tumango ng ilang segundo si Chairman Enrile rito at saka ginawaran ng isang dismayadong tingin si Taguro.

"Inaasahan kong mawawakasan ninyo agad ang bagay na ito. Hindi lingid sa kaalaman ko ang relasiyon ninyo pero hindi ako sang-ayon sa bagay na iyon. Tapusin niyo na ito sa lalong madaling panahon." nag-uutos ang tonong pagtatapos ni Chairman Enrile sa pag-uusap na iyon at saka niya kami tinalikuran.

Nilampasan niya ako at ilang segundong napako sa kinatatayuan niya kanina ang paningin ko bago ko siya tuluyang sundan ng tingin.

Hindi niya nagawang dumaan sa pagitan ng mga Moon, siya ang kusang lumihis ng daan sa harapan ng mga ito at saka naglakad palabas ng Resto na iyon.

Ilang lunok pa ang ginawa ko at pilit kong inilagan ang nakakasakal na titig ng mga Moon, tsaka ko ibinaling kay Taguro ang tingin ko. Binigyan ko siya ng nagpapaumanhing tingin. Pero nanatili siyang blangko ang tingin

sa'kin. Ang dating blangkong ekspresyon sa mukha niya, na nakalimutan ko na, ay nakikita ko na naman ngayon. Bagay na ikinapangamba ko.

Nagtatanong ang isip ko kung ano ang susunod na pwedeng mangyari.

Nangibabaw sa'kin ang matinding pagkapahiya, hindi lang sa mga kaibigan ko, kung hindi lalo na sa mga Moon. Ang pamilya ni Taguro.

'Ang pamilya ng taong mahal ko.'

"Ttarawa." dinig kong ani Chairman Moon.

Translation: Follow me.

Nagbaba ng tingin si Taguro at nagpakawala ng isang napakalalim na buntong-hininga, bago tuluyang maglakad. Nang mapatapat siya sa'kin ay hinabol ko pa ang kamay niya't hinawakan iyon. Pero blangko pa rin ang mukha niya nang lingunin ako. Nakikiusap ang tingin ko sa kaniya ngunit wala akong mabasang emosyon na nagmumula sa kaniya.

Nasasaktan ako.

Hindi ko kayang makitang nagkakaganito siya lalo pa at ako ang dahilan. Ako ang may kasalanan.

Taguro.. parang-awa mo na..

"Kailangan kong sumunod sa kanila." pormal na sambit ni Taguro at ikinagulat ko ang pagtungo na ginawa niya sa'kin.

Natitigilang pinanood ko ang magdausdos ng kamay niya papalayo sa mga daliri ko. Pilit ko pang hinabol iyon pero hindi na ako umabot, agad niya akong natalikuran tsaka siya naglakad papalayo.

****TUG!*DUG!****

Kumunot ang noo ko ng maramdaman ko na naman iyong isang malakas na tibok.

****TUG!*DUG!****

Na nasundan pa ng isang mas malakas pa habang nakatingin ako sa papalayo nang si Taguro.

****TUG!*DUG!****

****TUG!*DUG!****

Na sinundan ng dalawang malakas at magkasunod pa! Nanghina ang mga tuhod ko at nanunuot sa kalooban ko ang sakit na dulot niyon.

Taguro..

****TUG!*DUG!****

****TUG!*DUG!****

"A-Ah.." nasapo ko ang sarili kong dibdib. Nakakakuryente ang sakit niyon ay pakiramdam ko'y dumadaloy iyon sa bawat ugat na kunektado sa

puso ko. Pakiramdam ko ay hindi ko na kakayaning tiisin pa ang susunod na malakas at may pagitang kabog sa dibdib ko.

Napapikit ako at palihim na naghabol ng hininga. Inihahanda ang sarili kung masusundan pa.

Ngunit hindi na..

Hindi na nasundan pa.

Naimulat ko ang mga mata ko at sa isip-isip ko'y nagpapasalamat akong huminto iyon.

Lumunok ako ng isa at saka nagmadaling sumunod kay Taguro.

"Deib!" dinig kong tawag ni Mommy pero hindi ko na siya nilingon pa. **"D-Deib, anak!"**

Kailangan kong humingi ng sorry kay Taguro, a-ayoko ng ganito. Hindi ko inaasahan ang bagay na ito. Ayaw kong magalit siya sa'kin.

Lumabas ako ng Hotel at agad ko silang natanaw. Ilang sandali pa ay nasa likuran ko na ang lahat ng saksi sa paninigaw ni Chairman kay Taguro kanina sa Resto.

Ngayon ay nasa harapan ko na ang mga Moon. Napakaraming bodyguards ang nakakalat sa 'di kalayuan. Yakap yakap ni Mokz ang walang emosyon na si Taguro na animong inaalo ito. Mula sa dalampasigan ay tinanaw ko si Chairman Enrile kasama ang dalawang bodyguards niya na pinapayungan siya't iginigiya palapit sa yate na pag-aari pa rin ng mga del Valle.

Gusto kong lapitan si Taguro pero natatakot ako. Nahihiya. Nasasaktan.

Alam kong wala akong karapatang maramdaman ito, pero sana maintindihan mo, Taguro.. hindi ko inaasahang mangyari ito.'

~GLATATATATAG! GLATATATATAG! GLATATATATAG! GLATATATATAG! GLATATATATAG! GLATATATATAG!~

Nasa ganoon kaming sitwasyon nang mangibabaw ang tunog ng papalapit na chopper kaya halos lahat kami ay hinanap ang pinanggagalingan niyon. At hindi nga ako nagkamali, nasa gitnang parte ng dagat ang papalapit na itim na chopper.

Napatingin ako sa mga Moon nang mag-iba ang kilos ng mga ito.

"Nuguya?" dinig ko pang tanong ni Chairman Enrile.

Translation: Who is that?

"Bangmunja." tugon ni Maze. Hindi ko alam kung ano ang sinasabi nila.

Translation: Visitors.

Natinag ako nang magtakbuhan ang mga body guards ng mga Moon papalapit kila Taguro! Bagaman nagmamadali ang mga ito ay napipigilan silang tumakbo ng matulin ng mga buhangin!

What the hell is going on?

Tiningala kong muli ang chopper at pilit na inaninag kung ano ang mayroon doon at halos manglaki ang mga mata ko ng kumislap ang isang armas hawak ng taong sumisilip mula roon!

"Hwejang-eul boho!" sigaw ni Mokz.

Translation: Protect the Chairman!

Mabilis na kumilos sila Taguro, Maxwell at Heurt papunta sa harapan ni Chairman Moon at umastang haharang dito!

Napako ang atensyon ko sa kanila at hindi ko malaman ang gagawin ko! Hindi ko sila maintindihan pero pakiramdam ko ay nagkakagulo sila!

Ngunit naging mabilis ang sumunod na pangyayari..

~BRATATATAT! BRATATATAT! BRATATATAT! BRATATATAT! BRATATATAT! BRATATATAT! BRATATATAT! BRATATATAT! BRATATATAT! BRATATATAT! BRATATATAT! BRATATATAT! BRATATATAT! BRATATATAT!~

NAKAPANGINGILABOT NA PAG-ULAN NG BALA NG BARIL!

Pinaulanan ng bala ang yate na siyang nasa harapan mismo ni Chairman Enrile!

"C-CHAIRMAN!" sigaw ko at mabilis akong tumakbo ngunit agad na kumilos si Maze upang pigilan ako!

Bakas ang pag-aalala kasabay ng pakikiusap sa mga mata niya.

"OH MY GOD!"

"SHIT!"

"WHAT IS THAT!?"

"TAKBO!"

Agad na nagkagulo ang mga tao! Sigaw rito, sigaw riyan! Takbo rito, takbo riyan!

Bagaman nasa bukana lamang kami ng Hotel ay naging napakabilis ng pangyayari! Wala ni isa man sa'min ang agad na nakatakbo at nakakilos!

Sa pag-aalala ko sa Lolo ko ay pilit akong kumawala sa pagkakahawak ni Maze!

"DEIB!" napakalakas na sigaw ni Mommy! Pero hindi ko siya nagawang pansinin!

Tumakbo ako ngunit sa ikatlong hakbang ko ay halos masakal ako sa pagkakahablot mula sa likuran ko! At nang tingnan ko iyon ay nasilayan ko ang nagtatangis sa galit na mukha ni Maxwell!

"You're not going anywhere!" galit ang tonong banta niya.

"Pero Lolo ko 'yon!" sigaw ko sa kaniya.

"I said, you're *not* going anywhere!" sigaw niya muli at saka pabato akong itinulak pabalik sa harapan ng Mommy ko na agad namang yumakap sa'kin. Lumabas mula sa Hotel at nagtatakbo papalapit sa'min sina Lolo at Daddy!

"What happened?!" nag-aalalang tanong ni Daddy na tiningnan ang kabuuan ko.

"Ano iyong narinig ko!?" nag-aalala ring tanong ni Lolo!

"S-Si Chairman.." mahinang sambit ko at sabay sabay naming nilingon ang dalampasigan!

~BRATATATAT! BRATATATAT! BRATATATAT! BRATATATAT! BRATATATAT! BRATATATAT! BRATATATAT! BRATATATAT!~

MULING NAULIT ANG PAMAMARIL!

"CHAIRMAN!" malakas at sabay sabay naming sigaw nila Mommy, Daddy at Lolo!

"Maxpein!" sigaw ni Chairman Enrile. **"Gaseo chab-a!"**

Translation: Go and get him!

Hindi ko lalo naintindihan ang sinabing iyon ni Chairman Enrile pero sa pagkakaintindi ko sa himig niya ay *nag-uutos* ito! Kumalas ako sa pagkakahawak ni Mommy at akmang lalapit kay Taguro pero mabilis itong tumakbo papalapit kay Chairman Enrile!

"TAGURO!" sigaw ko pero hindi ako nilingon nito.

Mabilis na nangilid ang mga luha ko at pakiramdam ko ay wala akong magawa. Wala talaga akong magawa. Matinding pag-aalala ang nangibabaw sa kalooban ko para sa dalawang taong mahalaga sa buhay ko!

Nawawala ang chopper sa t'wing matatapos itong magpaulan ng bala at wala ni isa man sa'min ang nakakaalam kung saan patungo ang mga ito! Ang kalahati ng mga body guards at inutusan ni Mokz at agad silang kumalat at nagsipuntahan sa kung saan!

"Ttaraga!" sigaw na naman ni Chairman Moon kay Maxwell at saka mabilis na tumalikod at natigilan nang makitang nasa harapan niya kami.

Translation: Follow her!

"A-Anong nangyayari?!" hindi ko napigilan ang sarili kong magtanong!

"Pumasok kayo sa loob--"

"Ano ang nangyayari?! Sabihin ninyo sa'kin, Chairman Moon! Bakit kailangang palipitin niyo ron si Taguro--alam niyong hindi ligtas!"

"Mapapahamak ang Chairman niyo kung papasok lahat tayo!" makapangyarihang sigaw niya dahilan upang matigilan ako.

"Hindi bale nang mapahamak ang sarili ninyong apo--mapuntahan lang ang Lolo ko!?" hindi makapaniwalang tanong ko.

"Deib Lohr!" saway sa'kin ni Lolo! **"Pumasok na tayo sa loob--"**

"Hindi!" tanggi ko. **"Hindi ako papasok--pupuntahan ko si Taguro!"**

"Makinig ka!" sigaw sa'kin ni Chairman Moon.

"Gaja," anyaya ni Maze sa Chairman at iginiya niya ito papasok sa Hotel!

Tinanaw ko si Mokz na tumakbo pasunod kila Taguro papunta sa dalampasigan at ang mga body guards ay mabilis na pinalibutan sila! Bahagyang kumalma ang dibdib ko nang makita ko silang *LAHAT* na tumatakbo na papalapit sa'min at wala akong nakikitang problema sa kanila maski isa! Sa oras din na iyon ay nag-usal ako ng pasalamat na walang nasaktan maski isa.

Lahat sila ay mga nakatabing sa ulo habang tumatakbo papalapit sa'min!

Nagpumilit akong salubungin sila ngunit pinipigilan ako nina Lolo at Daddy!

"Deib Lohr! Hindi ka maaaring lumapit doon!" sigaw pa sa'kin ni Lolo kasabay ng pagpupumiglas ko!

Ilang dipa pa ang layo sa'kin ni Taguro at hindi napapalagay ang loob ko! Nag-aalala ako! Natatakot! Nangangamba!

Gusto kong takbuhin si Taguro na akala mo'y makakadagdag iyon sa bilis ng pagtakbo niya papalapit sa ligtas naming pwesto! Pero hindi ko magawa!

"T*ngina hanggang ngayon ay wala akong magawa!" naluluha ng sigaw ko kasabay ng pagpupumiglas pa rin mula sa pagkakapigil sa'kin nila Lolo.

Kulang kulang tatlong dipa na lang ang layo nila Taguro sa'min at pare-pareho pa rin silang hirap na hirap na tumakbo sa buhangin! Sa isip isip ko ay minamadali ko ang mga ito!

~BRATATATAT! BRATATATAT! BRATATATAT! BRATATATAT! BRATATATAT! BRATATATAT! BRATATATAT! BRATATATAT! BRATATATAT!~

~BLAAAAAAM!~

Kasunod nang muling pag-ulan ng bala ay ang pagsabog ng yate na kaninang nasa harapan ni Chairman Enrile.

Doon ko na hindi napigilan ang sarili kong magpumiglas ng todo na halos masaktan ko na si Lolo! Agad akong tumakbo papalapit kila Taguro na mga nadapa sa sobrang lakas ng pagsabog!

"Taguro!" sigaw ko at agad na nag-angat ng tingin ang magkapatid!

Ngunit pareho nila akong hindi pinagtuunan ng pansin! Dali dali nilang tinulungan patayo si Chairman Enrile at kasunod niyon ay ang pagharang ng limang bodyguards sa likuran nila na animong prinoprotektahan sila mula roon! Agad na ipinasa sa'kin nI Taguro ang kaliwang kamay ni Chairman Enrile.

"Bujang-nim," anas ni Taguro na hinawakan pa ang magkabilang pisngi ni Chairman Enrile. Parang na-shock si Chairman! Dilat na dilat lamang ang mga mata niya at napako ang tingin sa ilong ni Taguro. **"Bujang-nim, gwaenchanna-hashimnikka?! Eoddie appayo?!"** nag-aalala ang tono ni Taguro! **"Malhaebwayo!"**

Translation: Chairman. Chairman, are you okay?! Are you hurt somewhere?! Tell me!

"Chairman!" sigaw ko. **"Chairman?!"** inuga-uga ko pa ito dahilan upang bumalik ito sa ulirat at yumakap sa'kin!

"D-Deib Lohr! D-Deib Lohr!"

"C-Chairman! M-May nararamdaman ba kayong iba?! Nasaan?!"

"D-Deib Lohr!"

"Tsk!" nag-aalalang iling ko! Hindi ko maintindihan ang galit na naramdaman ko dulot ng sobrang pag-aalala! Pilit kong tiningnan ang kabuuan niya pero wala, wala akong nakita maski talsik ng dugo kahit saan!

~GLATATATATAG! GLATATATATAG! GLATATATATAG! GLATATATATAG! GLATATATATAG! GLATATATATAG!~

Muling nangibabaw ang tunog ng chopper dahilan upang magkagulo na naman kami! Hinawakan ni Taguro si Chairman at tiningnan si Daddy! Dali daling lumapit si Daddy na tuliro na rin at hindi malaman ang gagawin! Sabay naming inakay ni Daddy si Chairman papasok ng Hotel pero agad din akong bumitiw at bumalik ngunit..

Natigilan ako ng makita kong hugutin ni Heurt ang isang baril mula sa baywang ng isa sa mga bodyguards at lumuhod sa buhangin!

"Pumasok na kayo sa loob." maawtoridad na utos ni Mokz pero hindi kami natinag.

At ang sumunod nangyari ay tumingala si Heurt sa chopper na siyang nasa ibabaw na niya at salubong ang mga kilay na tumitig doon! Naging mabilis ang pag-andar ng chopper papalayo at ITINUTOK ni Heurt ang baril doon! Ilang segundo siyang inaasinta ang chopper hanggang sa umabot ito sa bungad ng dagat at sa hindi inaasang sandali..

~BAANG!~

Nakakabingi ang lakas ng putok na 'yon na nagmula sa baril na gamit ni Heurt!

At nanlaki ang mga mata ko nang mula sa chopper ay may nahulog na katawan pabagsak sa dagat!

What the hell!?

Ngunit hindi huminto ang chopper! Nagtuloy iyon hanggang sa tuluyang makalayo!

Napanood ko pa ang marahang pagtayo ni Heurt at saka bumaling paharap sa'min ngunit wala sa amin ang paningin!

"Kunin niyo ang katawan ng isang 'yon, nasisiguro kong buhay pa iyon." ani Heurt at saka tumingin kay Taguro. **"Ayos ka lang?"**

"Mm." tango ni Taguro tsaka bumaling sa'kin. Parang binambo ang puso ko at hindi ko napigilan ang mga luhang tumulo mula sa mga mata ko. **"'Wag mo na ulit gagawin 'yon."** mahinahong aniya, nakita ko ang mabilis na pangingilid din ng mga luha niya. **"'Wag kang lalapit sa'kin sa ganitong sitwasyon, Sensui."** mahinang anas niya at wala sa sariling napayakap ako sa kaniya. Mahigpit na mahigpit! At lalo pang humigpit nang maramdaman ko ang mahigpit din na yakap niya. **"'Wag mo na ulit gagawin 'yon, kahit pa natatakot ka."**

"H-Hindi ko kakayanin kapag napahamak ka, Taguro. Hindi ko kayang panoorin kang sumugod sa ganon."

"Kung ganon ay 'wag mo akong panoorin. 'Wag mo akong titingnan. At 'wag kang lalapit sa'kin kapag alam mong may kapahamakan." humiwalay siya sa pagkakayakap sa'kin at tiningnan ang mga mata ko. **"Ikaw ang buhay ko, Deib. At hindi ko kakayanin kapag may nangyaring masama sa'yo."**

Natigilan ako.

Puro pagkurap ng mga mata ang nagawa ko.

Nagpapalipat-lipat ng tingin sa magkabilang mga mata niya.

Marahan akong napayakap sa kaniya at hinalikan ang pisngi niya. **"Mahal na mahal kita, Taguro."**

"Kung mahal mo ako ay gagawin mo ang sinabi ko. 'Wag mo na ulit gagawin 'yon." mahinang anas niya. Hindi ako makasagot. Hindi sang-ayon ang puso't isip ko. Nagproprotesta ang mga ito. **"Mangako ka sa'kin."**

"P-Pangako.."

sa susunod ay hindi ko na hahayaang tumakbo kang mag-isa. Hindi ko rin kakayanin kapag may nangyaring masama sa'yo, Taguro. Nagsasawa na akong magmukhang tuod kapapanood sa mga misteryong bumabalot sa pagkatao mo.' sa isip ko ay sinabi ko ang kasunod ng pangako ko.

"Let's go." nag-uutos ang tonong ani Mokz.

Kumalas si Taguro sa pagkakayakap sa'kin at pinagmasdan ang kabuuan ng mukha ko na nahinto sa mga labi ko. Napalunok siya bago tuluyang lumapit sa mukha ko't kintilan ng halik ang labi ko.

"Tara na sa loob, hindi ka pa kumakain." mahinang aniya.

Gusto kong magwala!

Bakit ba ugaling ugali niya ang ganiyan?!

Matapos ang pangyayari ay hindi ko akalaing *PAGKAIN* pa ang una niyang iintindihin!

Pero hindi ko na nagawang kumontra. Alam kong okupado na masiyado ang isip niya't ayaw ko nang makadagdag pa.

Dumeretso kami sa elevator kasunod nila Heurt at Mokz. At ilang saglit pa ay narating na namin ang Presidential Suite na siyang nakalaan para lang sa Chairman. Nakakamangha ang sobrang laki niyon sa kabila ng apat na dipang pinto nito.

Nandoon ang lahat. Ang lahat lahat! Ultimong sina Noona, Randall at RD. Lahat sila ay may nagtatanong na tingin sa'kin. Napakarami namin ngunit kasyang kasya kami sa loob ng kwartong iyon.

"Cora?" anas ni Taguro at lumapit ang isang Ginang na siyang naghatid ng damit ko kaninang umaga. Tumango lang ito sa harap niya. **"Mag-akyat ka rito ng tanghalian para sa lahat."**

"Yes, Miss Maxpein."

"Mervin?" anas ni Mokz at tumango naman ang katabi niyang body guard. **"Ipahanda na ang private jet ni Chairman Moon, luluwas tayo**

ng Laguna ngayon kasama ang ilan sa mga Enrile." maawtoridad na utos niya at tumango naman ang body guard.

~KNOCK! KNOCK!~

Palabas na sana si Mervin nang may kumatok sa pinto. Siya na rin ang nagbukas niyon.

Pabatong ipinasok nang isa pang body guard ang isang basang basang lalaki! May tama siya ng baril sa dibdib at nakagapos sa likod ang dalawang kamay!

I can't believe this is happening!

"Pumasok kayo sa loob ng kwartong iyon." utos ni Taguro sa kwartong nasa bungad ng service area. Tumango si Parrot at isinama roon ang mga kasama namin. Tumingin siya sa'kin na parang sinasabing sumunod na rin ako at hindi ako nararapat dito.

"D-Dito lang ako, Taguro." pakiusap ko at bumuntong-hininga naman siya. Hinawakan niya ang kamay ko at iginiya sa likuran niya.

Iniluhod ni Heurt ang kaliwang tuhod sa harapan nang namimilipit na sa sakit na lalaki. Naka-camouflage na pantalon at polo ito. Mukhang sundalo.

"Sino ang nagpadala sa iyo rito?" mahinang tanong ni Heurt pero nagpaikot-ikot lamang sa sahig ang lalaki. **"Hindi ka gagamotin hangga't hindi mo sinasagot ang tanong ko. Sino ang nagpadala sa'yo rito?"**

"H-Hindi ko alam! Binayaran lang ako!" namimilipit pa ring sagot ng lalaki.

"Sabihin mo kung tama ako o hindi. Ang Chairman Enrile ang pakay ninyo?" tanong ni Heurt at natigilan ang lalaki. **"Sige na, maaari niyo na siyang paalisin."** dagdag ni Heurt at saka tumayo.

"Dalhin niyo siya sa kabilang kwarto, tatanggalin ko ang bala sa dibdib niya." utos ni Maxwell at agad na nagsipag-sunuran ang mga body guards. Lumapit si Maxwell kay Chairman Moon at bumulong dito na natugunan naman ng sunod sunod na tango. Sumulyap pa siya kay Taguro bago tuluyang lumabas ng kwartong iyon.

Ang natira ay ako, si Taguro, Mokz, Maze, Heurt, Chairman Moon, Chairman Enrile, Lolo, Daddy, Mommy, Noona at Randall. Ang lahat ay nasa kwarto nang itinuro ni Taguro kay Parrot kanina.

"Ikaw ang pakay nila, Chairman Enrile." pagbabasag ni Heurt sa katahimikan. Napatingin kami ng pamilya ko sa kaniya at deretso lang siyang nakatingin kay Chairman Enrile. **"Kung nagkataong nakasakay ka sa yate na 'yon ay paniguradong napahamak ka."**

"P-Paano mo iyon nasabi?" kabadong tanong ni Chairman Enrile.

"Tanging ikaw ang pinaulanan ng bala at maliban sa inyo ay wala na. Bukod don, ang reaksiyon nang lalaking iyon kanina ay sumasagot na sa katanungan ko. Ikinalulungkot kong sabihin pero kailangan niyo nang umalis dito."

"P-Pero.. paano kung may mangyaring masama sa kaniya?" sabat ni Lolo.

"Hindi ko hahayaang mangyari iyon," si Chairman Moon ang sumagot. **"Sasabay kayo sa akin pabalik at nasisiguro ko sa inyong ligtas tayong makakabalik ng Laguna."**

"H-Hindi na ba susunod sa atin ang mga iyon?" tanong ni Chairman Enrile.

Umiling agad si Heurt. **"Warning lang ang ginawa nila sa'yo."**

WTF?? Warning!? Nagpaulan sila ng napakaraming bala at nagpasabog sila ng yate--tapos WARNING?!

"Kailangan ninyo ng ibayong pag-iingat." dagdag pa ni Heurt. **"At sa ngayon ay ang pagsabay lamang sa Chairman Moon ang pinakaligtas na paraan. Sa lalong madaling panahon ay kailangan niyong makabalik sa Laguna."**

"P-Pero paano ang mga pamilya ko!?"

"Hindi namin sila pababayaan. Mamaya rin ay aalis na kami rito. Pagkahatid sa inyo ng private jet ay babalik iyon dito upang sunduin kami."

"Bakit hindi pa tayo magsabay?!"

"Hindi sapat ang espasyo ng private jet sa dami natin, Chairman. Marami masiyado ang body guards na kasama ng mga Moon." pagtatapos ni Heurt sa usapan. **"Hijo, tingnan mo ang lagay ni Chairman Enrile."**

Biglang bumukas ang pinto at tumambad sa'min si More. **"Natagpuan ang inabandonang chopper sa El nido, apat ang kumpirmadong lulan nito at isa sa mga iyon ay ang hawak natin ngayon."** dumeretso siya kay Maze at humalik sa pisngi nito. **"Nababatid kong *kayo* ang pakay ng mga iyon, Chairman Enrile. Masiyadong pribado ang lugar na ito upang makatanggap kami nang ganoong klase ng bisita. Hindi ko inaasahan ang bagay na ito, at kinakailangan niyong magpaliwanag sa pamilya ko."**

Ano ang ibig nilang sabihin?

Napuno ako ng pagkalito. Isa-isang sumulpot ang iba't ibang uri ng mahahabang tanong sa isip ko. Nakakapanakit ng sintido. Nag-aalala ako masiyado. Nalilito. Naguguluhan.

Ang paraan ng pagprotekta ni Taguro at Maxwell kay Chairman Moon.

Bakit handa silang isalang ang mga sarili nila sa bala kung pwede namang ang mga body guards nila ang gumawa niyon?!

Ang pag-uutos ni Chairman Moon kay Taguro na puntahan si Chairman Enrile.

Bakit niya hinayaang sumugod ang apo niya sa sitwasyon na alam niyang delikado?! Paano kung nagpaulan ng bala iyon at aksidenteng tinamaan si Taguro kahit pa sabihin nilang si Chairman ang target?!

Ang mga sinabi ni Taguro.

Bakit ganoon na lang kalakas ang loob niyang tumakbo roon ng walang proteksiyon maski ano?! Bakit siya pagkakatiwalaan ng Lolo niya sa kabila ng kapahamakan? At bakit pakiramdam ko ay kayang kaya niya ang lahat?!

Ang ikinilos ni Heurt.

Isang bala lang ang ginamit niya at umasinta pa. Alam kong sindikato siya pero b-bakit sniper pa!?

Ang paraan nila ng pag-uusap ngayon.

Pakiramdam ko ay alam nila ang ikinikilos ng bawat isa.

Lalo akong nalito.

Tumingin ako kay Taguro at nakikinig lamang siya sa usapan nila. Tinitigan ko ang mukha niya na puno ako ng pagkalito. Pilit kong binabasa kung ano man ang makikita ko roon pero nanatili itong blangko at walang emosyon.

Sino ka ba talaga? Kilala na ba talaga kita? P-Paano mong nagagawa ang mga bagay na ito, Taguro? S-Sino ba kayo?!

NEW CHARACTER'S POV

"Boss, saan tayo dederetso?" tanong ni Christian.

Bumuntong-hininga ako. **"Iwanan ang chopper sa El Nido. Dederetso tayo pauwi."** tugon ko tsaka inilabas ang cellphone ko at idinial ang number ng Chairman. **"Kumpirmado, nandito ang Chairman ng mga Enrile."**

"Nagawa mo ba ang ipinapagawa ko?"

"Mm. Umurong ang bayag nang isang iyon, panigurado."

"Magaling. Aasahan ko ang pagbalik mo at nang magandang balita."

"Chairman?"

"Mm?"

"May mga kasama ang Chairman Enrile, tinamaan si Taylor."

"Ano ang ibig sabihin?" nag-iba ang tono ng pananalita niya.

Kinabahan ako. **"Hawak nila si Taylor, isa sa mga kasamahan ni Chairman Enrile ang bumaril sa kaniya, asintado, hindi ko nakilala ang mga mukha nila."**

"Bawiin si Taylor at tapusin niyo na. Matapos ang libing niya ay regaluhan mo ng bahay at negosyo ang naiwan niyang pamilya. Sige." at ibinaba niya ang linya.

~ ♥ SEE YOU NEXT SEASON ♥ ~

OceanofPDF.com